

ANG SALITA
AY NAGPAPAKITA SA KATAWANG-TAO

VOLUME IV



PAGLALANTAD
SA MGA ANTICRISTO

ANG IGLESIA NG
MAKAPANGYARIHANG DIYOS



TALAAN NG MGA NILALAMAN

Unang Aytem: Sinusubukan Nilang Kunin ang Loob ng mga Tao	1
Karagdagang Babasahin: Mga Karagdagang Katotohanan sa Pangangaral ng Ebanghelyo	1
Ang mga Kahulugan ng Pagiging mga Lider at Manggagawa at mga Dahilan sa Paglalagay sa Kanila sa Posisyon.....	13
Ang mga Teknik na Ginagamit ng mga Anticristo Para Kontrolin ang mga Tao	17
Isang Paghihimay Kung Paano Sinusubukan ng mga Anticristo na Kunin ang Loob ng mga Tao.....	33
A. Pang-aakit sa mga Tao Gamit ang Maliliit na Pabor.....	33
B. Pagpapakitang-gilas sa Kanilang mga Kalakasan Para Sambahin Sila ng mga Tao	41
C. Pagpapakitang-tao Para Ilihis ang mga Tao at Magpabango sa mga Ito	43
Ikalawang Aytem: Binabatikos at Inihihwalay Nila ang mga Hindi Sumasang-ayon	52
Ikatlong Aytem: Inihihwalay at Binabatikos Nila ang mga Naghahangad sa Katotohanan	63
Ikaapat na Aytem: Itinataas at Pinatotohanan Nila ang Kanilang Sarili	85
Karagdagang Babasahin: Panghuhuli sa mga Daga	85
Isang Paghihimay Kung Paano Itinataas at Pinatotohanan ng mga Anticristo ang Kanilang Sarili.....	92
Ikalimang Aytem: Nililihis, Hinahatak, Pinagbabantaan, at Kinokontrol Nila ang mga Tao	152
Karagdagang Babasahin: Ang Kuwento nina Dabao at Xiaobao.....	152
I. Isang Paghihimay Kung Paano Inililihis ng mga Anticristo ang mga Tao	164
II. Isang Paghihimay Kung Paano Hinahatak ng mga Anticristo ang mga Tao	186
III. Isang Paghihimay Kung Paano Pinagbabantaan ng mga Anticristo ang mga Tao	201
IV. Isang Paghihimay Kung Paano Kinokontrol ng mga Anticristo ang mga Tao	213

Ikaanim na Aytem: Kumikilos Sila sa mga Tusong Paraan, Arbitraryo at Diktatoryal Sila, Hindi Sila Kailanman Nakikipagbahaginan sa Iba, at Pinipilit Nila ang Iba na Sundin Sila.....	227
Karagdagang Babasahin: Ang Kuwento nina Daming at Xiaoming.....	227
I. Isang Paghihimay sa Tusong Pag-uugali ng mga Anticristo	240
II. Isang Paghihimay sa mga Arbitraryo at Diktatoryal na Pag-uugali ng mga Anticristo, at Kung Paano Nila Pinipilit ang mga Tao na Sundin Sila.....	256
Ikapitong Aytem: Sila ay Buktot, Lihim na Mapanira, at Mapanlinlang (Unang Bahagi).....	299
Karagdagang Babasahin: Pangangasiwa sa Insidenteng Kagagawan ng Anticristo sa Canada	299
Karagdagang Babasahin: Isang Talakayan Tungkol sa Kapital: “Eh Ano Naman!”	307
I. Isang Paghihimay tungkol sa Pagkamapanlaban at Pagkasuklam ng mga Anticristo sa mga Positibong Bagay at sa Katotohanan	321
Ikapitong Aytem: Sila ay Buktot, Lihim na Mapanira, at Mapanlinlang (Ikalawang Bahagi)	366
Karagdagang Babasahin: Paglutas sa mga Maling Pagkaunawa ng mga Tao tungkol sa Pangangasiwa sa Isang Iglesia sa Canada	366
II. Isang Paghihimay sa Pagmamahal ng mga Anticristo sa mga Negatibong Bagay	387
Ikapitong Aytem: Sila ay Buktot, Lihim na Mapanira, at Mapanlinlang (Ikatlong Bahagi)	445
Karagdagang Babasahin: Mga Regalo.....	445
III. Isang Paghihimay sa mga Bagay na Sinasamba at Hinahangaan ng mga Anticristo	467
Ikawalong Aytem: Hinihimok Nila ang Iba na sa Kanila Lang Magpasakop, Hindi sa Katotohanan o sa Diyos (Unang Bahagi)	526
Karagdagang Babasahin: Isang Paghihimay sa mga Problemang Lumilitaw Kapag Itinatranskrayb ang mga Sermon	526
Karagdagang Babasahin: Mga Pangarap ni Xiaogang.....	534
I. Isang Paghihimay sa Kawalan ng Kakayahan ng mga Anticristo na Makipagtulungan sa Kahit na Kanino	552
II. Isang Paghihimay sa Kung Paano Palaging May Pagnanais at Ambisyon ang mga Anticristo na Kontrolin at Lupigin ang mga Tao	586

Ikawalong Aytem: Hinihimok Nila ang Iba na sa Kanila Lang Magpasakop, Hindi sa Katotohanan o sa Diyos (Ikalawang Bahagi)	627
Karagdagang Babasahin: Isang Maikling Pagtalakay Tungkol sa Tatlong Aspekto ng Normal na Pagkatao	627
A. Ang Saloobin ng mga Tao sa Pagtrato Nila sa Iba't Ibang Uri ng mga Tao, Pangyayari, at Bagay	629
B. Ang Pangangasiwa ng mga Tao sa Kanilang mga Personal na Kapaligiran	638
C. Ang Saloobin at Pag-uugali ng mga Tao sa Pakikipag-ugnayan Nila sa mga Kasalungat na Kasarian	650
III. Isang Paghihimay tungkol sa Pagbabawal ng mga Anticristo sa Iba na Makialam, Magtanong, o Mangasiwa sa Kanila sa Kanilang Gawain	661
Ikawalong Aytem: Hinihimok Nila ang Iba na sa Kanila Lang Magpasakop, Hindi sa Katotohanan o sa Diyos (Ikatlong Bahagi)	712
Karagdagang Babasahin: Isang Paghihimay sa Tradisyonal na Kultura sa Silangan at Kanluran	712
Karagdagang Babasahin: Isang Araw sa Buhay ni Xiaoja	723
IV. Isang Paghihimay sa Pagpapanggap ng mga Anticristo Bilang Pagsasakatawan ng Katotohanan Kapag Nagtamo Na Sila ng Kaunting Karanasan at Kaalaman	742
Unang Ekskursus: Kung Ano ang Katotohanan	781
I. Isang Paghihimay sa Ideya ng “Huwag Pagdudahan ang mga Taong Kinukuha Mo sa Trabaho, at Huwag Mong Kuhain sa Trabaho ang mga Taong Pinagdudahan Mo”	785
II. Isang Paghihimay sa Ideya ng “Ang Pagtulog sa mga Sanga at Pagdila sa Apdo”	798
A. Hindi Pagtanggap sa pagkatalo	802
B. Pagtitiis ng Kahihyan at Pagbubuhay ng Mabigat na Pasanin	813
C. Isang Hindi-Kailanman-Susukong Kalooban na Lumaban	846
Ikasiyam na Aytem: Ginagawa Nila ang Kanilang Tungkulin Para Lang Maging Tanyag Sila at Maisakatuparan ang Kanilang Sariling mga Interes at Ambisyon; Hindi Nila Kailanman Isinasaalang-alang ang mga Interes ng Sambahayan ng Diyos, at Ipinagkakanulo Pa nga ang	

mga Interes na Iyon, Ipinagpapalit ang mga Iyon Para sa Kanilang Personal na Kaluwalhatian (Unang Bahagi)	867
Karagdagang Babasahin: Kung Ano ang Katotohanan	867
I. Kung Ano ang mga Interes ng Diyos at Kung Ano ang mga Interes ng mga Tao.....	912
Ikasiyam na Aytem: Ginagawa Nila ang Kanilang Tungkulin Para Lang Maging Tanyag Sila at Maisakatuparan ang Kanilang Sariling mga Interes at Ambisyon; Hindi Nila Kailanman Isinasaalang-alang ang mga Interes ng Sambahayan ng Diyos, at Ipinagkakanulo Pa nga ang mga Interes na Iyon, Ipinagpapalit ang mga Iyon Para sa Kanilang Personal na Kaluwalhatian (Ikalawang Bahagi)	945
II. Ang mga Interes ng mga Anticristo	945
A. Ang Sarili Nilang Seguridad	946
B. Ang Sarili Nilang Reputasyon at Katayuan	967
Ikasiyam na Aytem: Ginagawa Nila ang Kanilang Tungkulin Para Lang Maging Tanyag Sila at Maisakatuparan ang Kanilang Sariling mga Interes at Ambisyon; Hindi Nila Kailanman Isinasaalang-alang ang mga Interes ng Sambahayan ng Diyos, at Ipinagkakanulo Pa nga ang mga Interes na Iyon, Ipinagpapalit ang mga Iyon Para sa Kanilang Personal na Kaluwalhatian (Ikatlong Bahagi)	981
II. Ang mga Interes ng mga Anticristo	981
B. Ang Sarili Nilang Reputasyon at Katayuan	981
1. Kung Paano Tinatrato ng mga Anticristo ang Mapungusan.....	993
2. Kung Paano Tinatrato ng mga Anticristo ang Mas Malalakas Kaysa sa Kanila	1011
Ikasiyam na Aytem: Ginagawa Nila ang Kanilang Tungkulin Para Lang Maging Tanyag Sila at Maisakatuparan ang Kanilang Sariling mga Interes at Ambisyon; Hindi Nila Kailanman Isinasaalang-alang ang mga Interes ng Sambahayan ng Diyos, at Ipinagkakanulo Pa nga ang mga Interes na Iyon, Ipinagpapalit ang mga Iyon Para sa Kanilang Personal na Kaluwalhatian (Ikaapat na Bahagi)	1030
II. Ang mga Interes ng mga Anticristo	1030
C. Pagpapakana Para sa Sarili Nilang mga Pakinabang.....	1032
1. Paglulustay sa mga Pag-aari ng Sambahayan ng Diyos	1032

2. Paggamit sa mga Kapatid Para Maglingkod at Gumawa Para sa Kanila	1051

Ikasiyam na Aytem: Ginagawa Nila ang Kanilang Tungkulin Para Lang Maging Tanyag Sila at Maisakatuparan ang Kanilang Sariling mga Interes at Ambisyon; Hindi Nila Kailanman Isinasaalang-alang ang mga Interes ng Sambahayan ng Diyos, at Ipinagkakanulo Pa nga ang mga Interes na Iyon, Ipinagpapalit ang mga Iyon Para sa Kanilang Personal na Kaluwalhatian (Ikalimang Bahagi)	1067

II. Ang mga Interes ng mga Anticristo	1067

C. Pagpapakana Para sa Sarili Nilang mga Pakinabang.....	1067

3. Paggamit ng Kanilang Posisyon para Makakuha ng Makakain, Maiinom, at Iba pang mga Kanais-nais na Bagay sa Pamamagitan ng Pandaraya	1069

Unang Kaso: Pagkukunwaring Gumagawa para Makahingi ng Makakain at Maiinom	1071

Ikalawang Kaso: Hinanakit na Hindi Makapunta sa Ibang Bansa	1078

Ikatlong Kaso: Pakiramdam na Imposibleng Patuloy na Mamuhay Pagkatapos na Umuwi sa Kanayunan	1085

Ikaapat na Kaso: Pandaraya sa Paggamit ng mga Handog para Mabayaran ang mga Utang.....	1090

Ikalimang Kaso: Paghingi ng Sahod para sa Paggawa sa Sambahayan ng Diyos	1093

Ikaanim na Kaso: Pagpapakapagod Para Magtamo ng Katungkulan Alang-alang sa Pagkain at Pananamit.....	1097

Ikasiyam na Aytem: Ginagawa Nila ang Kanilang Tungkulin Para Lang Maging Tanyag Sila at Maisakatuparan ang Kanilang Sariling mga Interes at Ambisyon; Hindi Nila Kailanman Isinasaalang-alang ang mga Interes ng Sambahayan ng Diyos, at Ipinagkakanulo Pa nga ang mga Interes na Iyon, Ipinagpapalit ang mga Iyon Para sa Kanilang Personal na Kaluwalhatian (Ikaanim na Bahagi)	1109

II. Ang mga Interes ng mga Anticristo	1109

D. Ang Kanilang mga Kinabukasan at Tadhana	1110

1. Kung Paano Tinatrato ng mga Anticristo ang mga Salita ng Diyos	1111

Ikasiyam na Aytem: Ginagawa Nila ang Kanilang Tungkulin Para Lang Maging Tanyag Sila at Maisakatuparan ang Kanilang Sariling mga Interes at Ambisyon; Hindi Nila Kailanman Isinasaalang-alang ang mga Interes ng Sambahayan ng Diyos, at Ipinagkakanulo Pa nga ang mga Interes na Lyon, Ipinagpapalit ang mga Lyon Para sa Kanilang Personal na Kaluwalhatian (Ikapitong Bahagi)	1146
II. Ang mga Interes ng mga Anticristo	1146
D. Ang Kanilang mga Kinabukasan at Tadhana	1146
2. Kung Paano Tinatrato ng mga Anticristo ang Kanilang Tungkulin	1147
Ikasiyam na Aytem: Ginagawa Nila ang Kanilang Tungkulin Para Lang Maging Tanyag Sila at Maisakatuparan ang Kanilang Sariling mga Interes at Ambisyon; Hindi Nila Kailanman Isinasaalang-alang ang mga Interes ng Sambahayan ng Diyos, at Ipinagkakanulo Pa nga ang mga Interes na Lyon, Ipinagpapalit ang mga Lyon Para sa Kanilang Personal na Kaluwalhatian (Ikawalong Bahagi)	1184
II. Ang mga Interes ng mga Anticristo	1184
D. Ang Kanilang mga Kinabukasan at Tadhana	1184
3. Kung Paano Tinatrato ng mga Anticristo ang Mapungusan	1185
Ikasiyam na Aytem: Ginagawa Nila ang Kanilang Tungkulin Para Lang Maging Tanyag Sila at Maisakatuparan ang Kanilang Sariling mga Interes at Ambisyon; Hindi Nila Kailanman Isinasaalang-alang ang mga Interes ng Sambahayan ng Diyos, at Ipinagkakanulo Pa nga ang mga Interes na Lyon, Ipinagpapalit ang mga Lyon Para sa Kanilang Personal na Kaluwalhatian (Ikasiyam na Bahagi)	1226
II. Ang mga Interes ng mga Anticristo	1226
D. Ang Kanilang mga Kinabukasan at Tadhana	1226
4. Kung Paano Tinatrato ng mga Anticristo ang Titulong “Tagapagserbisyo”	1226
a. Ang Depinisyon at Pinagmulan ng Titulong “Tagapagserbisyo”	1227
b. Ang mga Paraan Kung Paano Tinatrato ng mga Anticristo ang Titulong “Tagapagserbisyo”	1239
c. Kung Bakit Ayaw ng mga Anticristo na Maging mga Tagapagserbisyo	1254

Ikasiyam na Aytem: Ginagawa Nila ang Kanilang Tungkulin Para Lang Maging Tanyag Sila at Maisakatuparan ang Kanilang Sariling mga Interes at Ambisyon; Hindi Nila Kailanman Isinasaalang-alang ang mga Interes ng Sambahayan ng Diyos, at Ipinagkakanulo Pa nga ang mga Interes na Iyon, Ipinagpapalit ang mga Iyon Para sa Kanilang Personal na Kaluwalhatian (Ikasampung Bahagi)	1266
II. Ang mga Interes ng mga Anticristo	1266
D. Ang Kanilang mga Kinabukasan at Tadhana	1266
5. Kung Paano Hinaharap ng mga Anticristo ang Katayuan Nila sa Iglesia	1269
a. Nang may Pagkukunwari	1269
b. Nang may Pagpapanggap	1287
c. Sa Pamamagitan ng Pangangibabaw sa Lahat	1303
Ikasampung Aytem: Hinahamak Nila ang Katotohanan, Lantarang Nilalabag ang mga Prinsipyo, at Binabalewala ang mga Pagsasaayos ng Sambahayan ng Diyos (Unang Bahagi)	1308
I. Hinahamak ang Pagkakakilanlan at Diwa ng Diyos	1313
A. Hinahamak ang Pagiging Matuwid ng Diyos	1318
B. Hinahamak ang Pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos	1324
C. Hinahamak ang Kabanalan at Pagiging Natatangi ng Diyos	1332
Ikasampung Aytem: Hinahamak Nila ang Katotohanan, Lantarang Nilalabag ang mga Prinsipyo, at Binabalewala ang mga Pagsasaayos ng Sambahayan ng Diyos (Ikalawang Bahagi)	1355
II. Hinahamak ang Laman Kung Saan Nagkatawang-tao ang Diyos	1356
A. Paninipsip, Pambobola, at mga Salitang Masarap Pakinggan	1360
B. Pagsisiyasat at Pagsusuri, at Pati Kuryosidad	1379
Ikasampung Aytem: Hinahamak Nila ang Katotohanan, Lantarang Nilalabag ang mga Prinsipyo, at Binabalewala ang mga Pagsasaayos ng Sambahayan ng Diyos (Ikatlong Bahagi)	1391
II. Hinahamak ang Laman Kung Saan Nagkatawang-tao ang Diyos	1391
C. Depende sa Kanilang Lagay ng Loob ang Pagtrato Nila kay Cristo	1391
1. Ang Kanilang Pag-uugali Kapag Nahaharap Sila sa Pagpupungos	1394

2. Ang Kanilang Pag-uugali kay Cristo Noong Siya ay Tinutugis, Nang Walang Mapagpahingahan ng Kanyang Ulo.....	1405
3. Ang Kanilang Pag-uugali Kapag Nagkakaroon Sila ng mga Kuru-kuro Tungkol kay Cristo	1407
4. Ang Kanilang Pag-uugali Kapag Sila ay Inaangat o Tinatangal	1411
5. Ang Kanilang Pag-uugali sa Iglesia sa mga Nagbabagong Sitwasyon	1415

Ikasampung Aytem: Hinahamak Nila ang Katotohanan, Lantarang Nilalabag ang mga Prinsipyo, at Binabalewala ang mga Pagsasaayos ng Sambahayan ng Diyos (Ikaapat na Bahagi)	1433
II. Hinahamak ang Laman Kung Saan Nagkatawang-tao ang Diyos	1433
D. Pakikinig Lang sa Sinasabi ni Cristo, Pero Hindi Sumusunod o Nagpapasakop.....	1435

Ikalawang Ekskursus: Kung Paano Sumunod Sina Noe at Abraham sa mga Salita ng Diyos at Nagpasakop sa Kanya (Unang Bahagi)	1478
I. Binuo ni Noe ang Arka.....	1478
II. Inialay ni Abraham si Isaac.....	1484
III. Paglalantad sa Kung Paano Tinatrato ng mga Tao Ngayon ang mga Salita ng Diyos	1496

Ikatlong Ekskursus: Kung Paano Sumunod Sina Noe at Abraham sa mga Salita ng Diyos at Nagpasakop sa Kanya (Ikalawang Bahagi)	1514
I. Ang Saloobin ni Noe sa mga Salita ng Diyos.....	1515
II. Ang Saloobin ni Abraham sa mga Salita ng Diyos.....	1536

Ikasampung Aytem: Hinahamak Nila ang Katotohanan, Lantarang Nilalabag ang mga Prinsipyo, at Binabalewala ang mga Pagsasaayos ng Sambahayan ng Diyos (Ikalimang Bahagi)	1553
III. Hinahamak ang mga Salita ng Diyos	1553
A. Arbitraryong Binabaluktot at Binibigyang-kahulugan ng mga Anticristo ang mga Salita ng Diyos	1553
B. Itinatatwa ng mga Anticristo ang mga Salita ng Diyos Kapag Hindi Umaayon ang mga Ito sa Kanilang mga Kuru-kuro	1573

Ikasampung Aytem: Hinahamak Nila ang Katotohanan, Lantarang Nilalabag ang mga Prinsipyo, at Binabalewala ang mga Pagsasaayos ng Sambahayan ng Diyos (Ikaanim na Bahagi)	1589
III. Hinahamak ang mga Salita ng Diyos	1589
C. Naniniktik ang mga Anticristo Kung Natutupad Ba ang mga Salita ng Diyos	1589
1. Paniniktik sa mga Salita ng mga Pangako at mga Pagpapala ng Diyos sa Tao	1593
2. Paniniktik sa mga Salita ng Pagsumpa at Pagparusa ng Diyos sa Tao	1602
3. Paniniktik sa mga Salita ng Diyos na Nagpopropesiya ng mga Kalamidad	1610
4. Paniniktik sa mga Salita ng Diyos Kung Kailan Niya Lilisanin ang Mundo at Kailan Matatapos ang Kanyang Dakilang Gawain	1618
5. Paniniktik sa mga Salita ng Diyos Tungkol sa Kanyang Disposisyon, Kanyang Pagkakakilanlan, at Kanyang Diwa	1622

Ikasampung Aytem: Hinahamak Nila ang Katotohanan, Lantarang Nilalabag ang mga Prinsipyo, at Binabalewala ang mga Pagsasaayos ng Sambahayan ng Diyos (Ikapitong Bahagi)	1630
III. Hinahamak ang mga Salita ng Diyos	1630
D. Tinatrato ng mga Anticristo ang mga Salita ng Diyos Bilang Isang Kalakal	1631
1. Tinatrato ang mga Salita ng Diyos Bilang Isang Kasangkapan sa Pagtatamo ng Katayuan, Reputasyon, at Dignidad	1634
2. Pagbebenta ng mga Aklat ng mga Salita ng Diyos Para sa Personal na Pakinabang	1653

Ikalabing-isang Aytem: Hindi Nila Tinatanggap ang Pagpupungos, ni Wala Silang Saloobin ng Pagsisisi Kapag Nakakagawa Sila ng Anumang Pagkakamali, Kundi sa Halip ay Nagkakalat Sila ng mga Kuru-kuro at Hayagan Nilang Hinuhusgahan ang Diyos	1665
I. Ang mga Dahilan Kung Bakit Pinupungusan ang mga Anticristo	1665
II. Kung Paano Umaasal ang mga Anticristo Kapag Hindi Nila Tinatanggap ang Pagpupungos	1679
A. Pagtangging Aminin na may Nagawa Silang Mali	1679
B. Tumatangging Aminin na Mayroon Silang Tiwaling Disposisyon	1691

C. Pagtanggong Aminin na ang mga Salita ng Diyos ang Katotohanan at ang Pamantayan Kung Saan Sinusukat ang Lahat ng Bagay.....	1705

Ikalabindalawang Aytem: Gusto Nilang Umatras Kapag Wala

Silang Katayuan o Pag-asang Magkamit ng mga Pagpapala	1708
I. Pagharap ng mga Anticristo sa Pagpupungos.....	1709
II. Pagharap ng mga Anticristo sa mga Pagbabago sa Pagkakatalaga ng Kanilang Tungkulin.....	1719
III. Pagharap ng mga Anticristo sa Pagtatanggal sa Kanila	1733
IV. Pag-uugali ng mga Anticristo Kapag Hindi Sila Inaangat	1746

Ikalabintatlong Aytem: Kinokontrol Nila ang mga Pananalapi ng Iglesia at Kinokontrol din Nila ang Puso ng mga Tao

I. Kinokontrol ng mga Anticristo ang Puso ng mga Tao.....	1757
II. Kinokontrol ng mga Anticristo ang mga Pananalapi ng Iglesia	1762
A. Inuuna ang Kanilang Pag-angkin at Paggamit sa Pag-aari ng Iglesia.....	1764
B. Winawaldas, Dinidispalko, Ipinahihiram, Ginagamit Nang May Pandaraya, at Ninanakaw ang mga Handog.....	1784
1. Winawaldas ang mga Handog	1784
2. Dinidispalko ang mga Handog	1787
3. Ipinahihiram ang mga Handog.....	1789
4. Ginagamit Nang May Pandaraya ang mga Handog	1791
5. Ninanakaw ang mga Handog.....	1792

Ikalabing-apat na Aytem: Tinatrato Nila ang Sambahayan ng

Diyos na Parang Sarili Nilang Personal na Teritoryo	1798
I. Minomonopolisa ng mga Anticristo ang Kapangyarihan	1801
II. Minamanipula ng mga Anticristo ang mga Sitwasyon	1819
III. Masusing Inuusisa at Kinokontrol ng mga Anticristo ang Puso ng mga Tao.....	1831

Ikalabinlimang Aytem: Hindi Sila Naniniwala na Mayroong

Diyos, at Itinatangi Nila ang Diwa ni Cristo (Unang Bahagi)	1840
I. Hindi Naniniwala ang mga Anticristo na Mayroong Diyos.....	1840
A. Tumatangging Aminin ang Pagkakakilanlan at Diwa ng Diyos.....	1843
B. Pagtanggong Aminin ang Kataas-taasang Kapangyarihan ng Diyos sa Lahat ng Bagay.....	1864

Ikalabinlimang Aytem: Hindi Sila Naniniwala na Mayroong Diyos, at Itinatanggi Nila ang Diwa ni Cristo (Ikalawang Bahagi)	1875
II. Itinatanggi ng mga Anticristo ang Diwa ni Cristo	1878
A. Kung Paano Tinatrato ng mga Anticristo ang Pinagmulan ni Cristo.....	1878
B. Kung Paano Tinatrato ng mga Anticristo ang Pagiging Normal at Praktikal ni Cristo.....	1891
C. Kung Paano Tinatrato ng mga Anticristo ang Kababaang-loob at Pagiging Tago ni Cristo	1902
Ikaapat na Ekskursus: Pagbubuod sa Karakter ng mga Anticristo at sa Kanilang Disposisyong Diwa (Unang Bahagi)	1911
I. Ang Karakter ng mga Anticristo	1911
A. Palagiang Pagsisinungaling.....	1912
B. Lihim na Mapanira at Malupit	1920
C. Walang Pagpapahalaga sa Dangal at Walang Kahihiyan	1925
D. Makasarili at Ubod ng Sama	1935
E. Kumakapit sa Makapangyarihan at Nang-aapi sa Mahihina.....	1943
F. Mas Mapaghangad sa mga Materyal na Bagay Kaysa sa Normal na mga Tao	1946
Ikalimang Ekskursus: Pagbubuod sa Karakter ng mga Anticristo at sa Kanilang Disposisyong Diwa (Ikalawang Bahagi)	1951
II. Ang Pagkakaiba sa Pagitan ng Karakter at Disposisyong Diwa	1951
III. Ang Disposisyong Diwa ng mga Anticristo	1964
A. Kabuktutan.....	1965
1. Kung Ano ang Ginagawa ng mga Anticristo sa mga Tao.....	1966
2. Kung Ano ang Ginagawa ng mga Anticristo sa Diyos	1973
a. Pagdududa	1974
b. Pagsisiyasat.....	1976
c. Paghihinala	1980
d. Pagiging Mapagbantay	1983
Ikaanim na Ekskursus: Pagbubuod sa Karakter ng mga Anticristo at sa Kanilang Disposisyong Diwa (Ikatlong Bahagi)	1986
III. Ang Disposisyong Diwa ng mga Anticristo	1986

A. Kabuktutan.....	1986
2. Kung Ano ang Ginagawa ng mga Anticristo sa Diyos	1986
e. Pagsubok.....	1986
f. Paghingi.....	1993
g. Pagkakaila, Pagkondena, Panghuhusga, at Paglapastangan	2003
B. Pagiging Tutol sa Katotohanan	2014
C. Kalupitan	2020

Unang Aytem: Sinusubukan Nilang Kunin ang Loob ng mga Tao

Karagdagang Babasahin: Mga Karagdagang Katotohanan sa Pangangaral ng Ebanghelyo

Ang temang tinalakay sa ilang nakaraang pagtitipon ay tungkol sa paggampan ng isang tao sa kanyang mga tungkulin sa paraang pasok sa pamantayan, at ikinategorya natin ang mga tungkuling dapat gampanan ng mga tao, pati na rin ang mga tauhan. Ano ang mga espesipikong kategorya? (Ang unang kategorya ay ang mga manggagawa ng ebanghelyo, ang ikalawang kategorya ay kinabibilangan ng mga lider at manggagawa sa iba't ibang antas sa iglesia, ang ikatlong kategorya ay sumasaklaw sa mga tauhang gumagampan ng iba't ibang espesyal na tungkulin, ang ikaapat na kategorya ay binubuo ng mga gumagampan ng mga ordinaryong tungkulin, ang ikalimang kategorya ay kinasasangkutan ng mga gumagampan ng mga tungkulin sa libre nilang oras, at ang ikaanim na kategorya ay tumutukoy sa mga hindi gumagampan sa mga tungkulin.) Sa kabuuan, may anim na kategorya. Noong nakaraan, tinalakay natin ang unang kategorya, na tungkol sa mga prinsipyo at katotohanang nauugnay sa tungkulin ng pangangaral ng ebanghelyo, na kinapapalooban ng paksa mula sa lahat ng aspekto ng pangangaral ng ebanghelyo, kabilang ang mga puntong dapat bigyan ng pansin, mga nauugnay na prinsipyo at katotohanan, at mga bahagi kung saan dapat mag-ingat ang mga tao, pati na rin mga karaniwang pagkakamali at pagbaluktot na nagaganap sa proseso ng paggampan sa tungkuling ito. Matapos makinig sa isang sermon sa isang partikular na tema, kaya ba ninyong ibuod ang mga pangunahing punto nito? Kung kaya ninyong maarok ang pinakamahalagang nilalaman ng isang tema, maisapuso ang mga nauugnay na katotohanan, at unti-unti, habang ginagampanan ang inyong tungkulin, ay magawa ninyo ang mga ito na sarili ninyong realidad, sarili ninyong buhay, at sarili ninyong landas ng pagsasagawa, tunay na ninyong naunawaan ang ibinabahagi kong nilalaman. Kung, matapos magbahagi tungkol sa isang sermon, pangkalahatang ideya lang ang mayroon kayo o mga partikular na pangyayari at kuwento lang ang naaalala ninyo pero hindi ninyo nauunawaan kung ano kaya ang mga pinagbabatayang katotohanan at prinsipyo, at kung bakit tinatalakay ang mga bagay na ito, maituturing ba iyong pagkakaroon ng pagkaarok? Maituturing ba iyong pagkaunawa sa katotohanan? (Hindi.) Hindi iyon maituturing na pagkaunawa sa katotohanan; ibig sabihin, hindi ninyo naunawaan kung anong mga katotohanan ang ipinapahatid, hindi ninyo naarok ang mga ito, at hindi ninyo tinanggap ang mga ito. Kung gayon, kaya ba ninyong gumawa ng buod? May makapagsasabi ba sa Akin ng mga pangunahing punto mula sa huli nating pagbabahaginan? (Pitong punto ang ibinuod natin: una, paano tukuyin ang mga manggagawa ng ebanghelyo; ikalawa, ang diwa ng tungkulin ng pangangaral ng ebanghelyo; ikatlo, ang saloobin ng mga tao sa tungkuling ito pati na rin ang mga

panloob nilang pananaw; ikaapat, mga espesipikong prinsipyo ng pagsasagawa para sa pangangaral ng ebanghelyo, gaya ng kung sino ang sumusunod sa mga prinsipyo sa pagtanggap ng pangangaral ng ebanghelyo at kung sino ang hindi; ikalima, kung paano itatrato ang mga umaayon sa mga prinsipyo ng pagtanggap sa pangangaral ng ebanghelyo; ikaanim, ang mga kahihinatnan kapag tinalikuran ng mga manggagawa ng ebanghelyo ang kanilang mga puwesto at tumakas sa kalagitnaan ng proseso ng paggampan sa kanilang tungkulin; ikapito, ang sakripisyo ng mga santo sa buong kasaysayan sa pangangaral ng ebanghelyo, at kung paano natin dapat pahalagahan ang mga kasalukuyang oportunidad na gampanan ang ating mga tungkulin at mabilis na sangkapan ang ating sarili ng katotohanan.) Pangunahing sinasaklaw ng buod mo ang mahahalagang aspekto ng nakaraan nating pagbabahaginan—napakahusay. May nakalimutan ba? (May isa pang punto: pagbabago sa pananaw ng mga tao para maunawaan nilang ang pangangaral ng ebanghelyo ay hindi lang tungkulin ng mga manggagawa ng ebanghelyo kundi isang responsabilidad na hindi puwedeng iwasan ng lahat ng sumasampalataya at sumusunod sa Diyos. Isa itong katotohanang dapat maarok ng hinirang na mga tao ng Diyos.) Ang pangangaral ng ebanghelyo ay responsabilidad at obligasyon ng bawat indibidwal—isa rin itong aspekto nito. Alam ba ninyo ang layunin ng pagbabahaginan tungkol sa katotohanang ito? Ito ay upang tugunan ang mga paglihis sa pag-arok ng mga tao. Alam ba ninyo kung sa aling mga aspekto may mga paglihis? (Hindi ko alam.) Dahil hindi ninyo ito alam, pinapatunayan nitong hindi ninyo nauunawaan ang aspektong ito ng katotohanan. Kaya, bakit kinailangan Ko pang magbahagi tungkol sa katotohanang ito? Sa positibong bahagi, isa itong aspekto ng katotohanan na dapat maunawaan ng mga tao. Sa negatibong bahagi, ito ay upang tugunan ang mga paglihis na mayroon ang lahat ng tao sa pagkakaunawa nila sa pangangaral ng ebanghelyo.

Maraming tao ang may mga paglihis sa pagkaunawa nila sa usaping ito ng pangangaral ng ebanghelyo. Iniisip ng ibang tao, “Kasalukuyan akong gumagawa ng espesyal na tungkulin, kaya walang kinalaman sa akin ang pangangaral ng ebanghelyo. Hindi ko ito alalahanin. Samakatwid, walang kaugnayan sa akin ang mga katotohanan, prinsipyo, at hinihingi ng Diyos na kailangang maunawaan para maipangaral ang ebanghelyo. Hindi ko kailangang maunawaan ang mga bagay na ito.” Kaya, kapag pinagbabahaginan ang aspektong ito ng katotohanan tungkol sa pangangaral ng ebanghelyo, pabasta-basta sila, hindi nila ito maingat na isinasaalang-alang, at hindi nila ito pinagtutuunan ng pansin. Kahit makinig sila, hindi nila alam kung ano ang tinalakay. Mayroon ding mga nagsasabi, “Matapos kong manampalataya sa Diyos, palagi na akong lider. May kakayahan ako at kapabilidad sa gawain. Isinilang ako para maging isang lider. Lumilitaw na parang ang tungkuling ibinigay sa akin ng Diyos at ang misyon ko sa buhay ay maging isang lider.” Sa di-tuwirang paraan, ipinapakahulugan nilang walang kinalaman sa kanila ang pangangaral ng ebanghelyo. Kaya, kapag pinagbabahaginan ang katotohanan tungkol sa pangangaral ng ebanghelyo, hindi nila ito sineseryoso. Kapag

hiniling sa kanilang ibuod kung ano ang pinagbahaginan sa huling pagtitipon, matagal na binubuklat ng ilang tao ang mga sinulat nila pero hindi pa rin nila alam. Bakit ito nangyayari? Dahil ba ito sa mahina nilang memorya? (Hindi.) Dahil ba marami silang iniisip at puno na ang utak nila? (Hindi.) Hindi ganoon. Ipinapakita nito na ang saloobin ng mga tao sa katotohanan ay isa ng pagiging tutol dito at ng hindi pagmamahal sa katotohanan. Samakatwid, binabalaan Ko ang lahat at ipinapaalam Ko sa lahat na ang pangangaral ng ebanghelyo ay hindi isang espesyal na responsabilidad para sa isang partikular na uri ng tao o grupo ng mga tao, kundi responsabilidad ng bawat taong sumusunod sa Diyos. Bakit kailangang maunawaan ng mga tao ang katotohanan ng pangangaral ng ebanghelyo? Bakit kailangang malaman ng mga tao ang mga katotohanang ito? Bilang isang nilikha, bilang isa sa mga sumusunod sa Diyos, kahit na anong edad, kasarian, o kung gaano man kabata o katanda ang isang tao, ang pangangaral ng ebanghelyo ay isang misyon at responsabilidad na dapat tanggapin ng lahat. Kung dumating sa iyo ang misyong ito at hinihinging gugulin mo ang iyong sarili, magbayad ng halaga, o ibigay pa nga ang buhay mo, ano ang dapat mong gawin? Tungkulin mong tanggapin ito. Ito ang katotohanan, ito ang dapat mong maunawaan. Hindi ito isang simpleng doktrina—ito ang katotohanan. Bakit Ko sinasabing katotohanan ito? Dahil kahit paano man magbago ang panahon, paano man lumipas ang mga dekada, o paano man magbago ang mga lugar at espasyo, palaging magiging isang positibong bagay ang pangangaral ng ebanghelyo at pagpapatotoo sa Diyos. Hindi kailanman magbabago ang kahulugan at halaga nito: Hinding-hindi ito maiimpluwensiyahan ng pagbabago ng panahon o ng pang-heograpiyang lokasyon. Walang hanggan ang pangangaral ng ebanghelyo at pagpapatotoo sa Diyos, at bilang isang nilikha, dapat mo itong tanggapin at isagawa. Ito ang walang hanggang katotohanan. Sinasabi ng ilang tao, “Ang pangangaral ng ebanghelyo ay hindi ang tungkuling ginagampanan ko.” Gayumpaman, ang katotohanang ito na nauugnay sa pangangaral ng ebanghelyo ay isang bagay na dapat maunawaan ng mga tao, dahil isa itong katotohanang nauugnay sa mga pangitain, at dapat itong maunawaan ng lahat ng nananampalataya sa Diyos; pundasyon ito sa pananalig sa Diyos at kapaki-pakinabang sa buhay pagpasok. Higit pa rito, anumang tungkulin ang ginagampanan mo sa iglesia, magkakaroon ka ng mga pagkakataong makasalamuha ang mga walang pananampalataya, at samakatwid ay responsabilidad na ipangaral ang ebanghelyo sa kanila. Sa sandaling maunawaan mo ang katotohanan ng pangangaral ng ebanghelyo, malalaman mo sa iyong puso, “Responsabilidad kong ipakalat ang bagong gawain ng Diyos at ang ebanghelyo ng gawain ng Diyos ng pagliligtas sa sangkatauhan. Kahit kailan o saan man, at anuman ang posisyon o papel ko, kung naglilingkod ako bilang isang aktor, may obligasyon akong mangaral ng ebanghelyo; at kung kasalukuyan akong isang lider ng iglesia, may obligasyon din akong mangaral ng ebanghelyo. Anuman ang tungkuling kasalukuyan kong ginagampanan, may obligasyon akong ipakalat ang ebanghelyo ng kaharian. Sa tuwing may pagkakataon o libreng oras, kailangan kong humayo at ipangaral ang

ebanghelyo. Isa itong responsabilidad na hindi ko puwedeng iwasan.” Ganito ba mag-isip ang karamihan ng tao sa kasalukuyan? (Hindi.) Kung gayon, ano ang iniisip ng karamihan ng tao? “May nakatakda akong tungkulin sa ngayon. Nag-aaral ako at nakatutok sa isang espesipikong propesyon, isang sangay ng pag-aaral, kaya walang kinalaman sa akin ang pangangaral ng ebanghelyo.” Anong uri ito ng saloobin? Isa itong saloobin ng pag-iwas sa responsabilidad at misyon ng isang tao, isang negatibong saloobin. Hindi isinasaalang-alang ng mga taong ito ang mga layunin ng Diyos, mapaghimagsik sila laban sa Diyos. Kahit na sino ka man, kung wala kang pasanin para sa pangangaral ng ebanghelyo, hindi ba’t isa itong tanda na wala kang konsensiya at katwiran? Kung hindi ka aktibong nakikipagtulungan, umaako ng responsabilidad, at nagpapasakop, pabasta-basta ka lang gumagawa sa pasibo at negatibong paraan—hindi katanggap-tanggap ang saloobing ito. Anumang tungkulin ang gampanan mo, anumang propesyon o sangay ng pag-aaral ang kinapapalooban nito, ang isa sa mga pangunahing kinalabasan na dapat mong makamit ay ang kakayahan mong magpatotoo at magpakalat ng ebanghelyo ng gawain ng Diyos sa pagliligtas sa sangkatauhan. Ito ang pinakamaliit na hinihingi sa isang nilikha. Kung hindi mo man lang matugunan kahit ang pinakamaliit na hinihinging ito, ano ang iyong natamo sa paggampan sa tungkulin mo sa mga taon na ito ng pananampalataya sa Diyos? Ano ang nakamit mo? Nauunawaan mo ba ang mga layunin ng Diyos? Kahit na maraming taon ka nang gumagampan sa tungkulin mo at naging mahusay na sa iyong propesyon, kung wala kang masabing anuman o hindi mo kayang makipagbahaginan sa anumang aspekto ng katotohanan kapag hiniling sa iyong magpatotoo sa Diyos, ano ang problema rito? Ang problema ay hindi mo nauunawaan ang katotohanan. Maaaring maramdaman ng ilang tao na hindi patas na sabihing hindi nila nauunawaan ang katotohanan. Maaaring isipin nilang naging epektibo sila sa paggampan sa kanilang tungkulin, pero hindi nila nauunawaan ang mga pangitain ng gawain ng Diyos at ang Kanyang layunin sa pagliligtas sa sangkatauhan. Katumbas ba ito ng pagkaunawa sa katotohanan? Kahit papaano, wala kang naitatag na pundasyon sa tunay na daan para sa pananampalataya mo sa Diyos. Wala kang dinadalang pasanin para sa pagpapakalat ng gawain ng Diyos at ng ebanghelyo ng Kanyang pagliligtas sa sangkatauhan, at wala kang anumang kabatiran, pang-unawa, o pag-arok. Tunay ka bang maituturing kung gayon na isang taong sumusunod sa Diyos? Nakabuo ka na ba ng normal na ugnayan sa Diyos? Kung hindi mo pa nakamit ang alinman sa mga bagay na ito, hindi mo tinataglay ang katotohanang realidad.

Ngayon, bumalik tayo sa paksang tinatalakay natin kanina. Ang pangangaral ng ebanghelyo ay responsabilidad at obligasyon ng lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos. Dahil natalakay na natin ang aspektong ito ng katotohanan, ano ang isang aytem na dapat maunawaan ng lahat? Magbayad man ng halaga ang isang tao, talikuran ang pamilya at trabaho niya para gugulin ang sarili niya para sa Diyos, o ialay pa nga ang kanyang buhay, sa realidad, ang lahat ng ito ay mabababaw na bagay. Ano ang hinihingi ng Diyos sa mga tao sa huli? Lyon ay na sa pagtaas ng tayog mo at sa paglago ng

buhay mo, sa paglipas ng panahon, unti-unti mong sinisimulang maunawaan ang iba't ibang katotohanan tungkol sa gawain ng Diyos at sa Kanyang layunin sa pagliligtas sa sangkatauhan. Lalong nagiging maliwanag ang pasanin mo sa pangangaral ng ebanghelyo at pagpapatotoo sa Diyos, at mas umiigting ang determinasyon mong pasanin ang tungkuling ito. Kung maraming taon nang nagtatrabaho ang isang lider ng iglesia, pero sa paglipas ng mga taon niya ng pangunguna sa iglesia, nababawasan ang kanyang motibasyon, hindi na siya masyadong naaantig, at may mas kaunting pasanin pagdating sa pangangaral ng ebanghelyo, gaano niya kahusay na nagagampanan ang kanyang tungkulin? (Hindi mahusay.) Bakit? Ano ang lumilitaw na isyu? Kung nagkakaroon siya ng ganoong kalagayan at namumuhay sa ganoon, kahit papaano ay isang bagay ang tiyak: Hindi hinangad ng taong ito ang katotohanan sa mga taon na ito at wala siyang ginawang anumang aktuwal na gawain. Para siyang burukratikong kadre ng malaking pulang dragon. Bilang resulta, wala siyang pasanin at walang kabatiran sa pagpoproklama ng pangalan ng Diyos at pagpapatotoo sa Kanyang gawain. Hindi ba't ito ang kinalabasan? (Oo.) Isa itong hindi maiiwasang kinalabasan. Gaano man karaming taon nang nagtatrabaho ang taong ito, kahit na iniisip pa niyang mataas ang tayog niya, na kaya niyang isaalang-alang ang pasanin ng Diyos, at kayang maglingkod ayon sa mga layunin ng Diyos, pero pagdating sa pangangaral ng ebanghelyo, umaatras siya, hindi niya alam kung paano ito gawin. Kapag nakakasalamuha niya ang mga taong nananabik sa pagpapakita ng Diyos at naparito para hanapin at siyasatin ang tunay na daan, umuurong ang dila niya. Hindi siya makapagsalita, at hindi niya alam kung saan magsisimula. Ano ang problema rito? Ito ay na hindi niya nauunawaan ang katotohanan at hindi niya nakamit ang katotohanan, kaya hindi siya makapagpatotoo sa Diyos. Tanging ang mga taong nakakaunawa sa katotohanan ang makapagpatotoo sa Diyos. Ang pangangaral ng ebanghelyo at pagpapatotoo sa Diyos ay nakapaloob sa saklaw ng mga tungkulin mo. Kung nauunawaan mo ang katotohanan, kung nakamit mo ang katotohanan, bakit wala kang masasabi kapag nakasalamuha mo ang mga taong nagsisiyasat sa tunay na daan? Hindi ba't problema ito? Madalas ba ninyong natatagpuan ang inyong mga sarili sa ganitong mga sitwasyon? (Oo.) Ano ang problema rito? Wala kayong pasanin. Problema ba ang hindi pagkakaroon ng pasanin? Magagampanan ba ninyo ang inyong tungkulin nang walang pasanin? Kahit na gampanan pa ninyo ang inyong tungkulin, magagawa ba ninyo ito nang tapat? Magagawa ba ninyo ito sa paraang pasok sa pamantayan? Kahit na ang hindi pagkakaroon ng pasanin ay maaaring hindi isang nakamamatay na isyu, malubhang problema pa rin ito, dahil naaapektuhan nito kung gaano mo kahusay na ginagampanan ang tungkulin mo. Hindi ba't kailangang lutasin ang problemang ito? (Oo, kailangan.) Kaya, paano ninyo ito lulutasin? Kailangan ninyong baligtarin ang mga mali ninyong pananaw tungkol sa pangangaral ng ebanghelyo at unawain ang katotohanan nito. Ang lahat ng gawain na kasalukuyan ninyong kinasasangkutan ay direktang nauugnay sa gawain ng pangangaral ng ebanghelyo at nakapaloob sa saklaw ng pangangaral ng ebanghelyo. Nilalayon nito ang pagpapatotoo

sa Diyos, pagpapalaganap ng gawain ng ebanghelyo, pagpapatotoo tungkol sa pangalan ng Diyos, at pagpapakalat ng ebanghelyong ito ng gawain ng Diyos sa pagliligtas sa sangkatauhan, para mas maraming tao ang makaalam nito, at mas maraming tao ang lumapit sa Diyos, tumanggap sa paglupig ng Diyos, tumanggap sa pagliligtas ng Diyos, at sa huli, kung mapalad silang matanggap ang pagpeperpekto ng Diyos sa kanila—lalo pa iyong mas mainam. Ano ang ibig sabihin ng magkaroon ng mas maraming tao na lumalapit sa Diyos, at ano ang dapat nitong makamit na kinalabasan sa huli? (Ang magdulot sa mas maraming tao na matamo ang pagliligtas ng Diyos.) Bakit dapat makamit ang layon na ito? Dahil ito ang layunin ng Diyos. Iyon ang dahilan kung bakit walang-sawa naming ipinapaliwanag ang mga katotohanang ito. Kung wala itong kinalaman sa layunin ng Diyos, walang silbi at walang katuturan ang pag-usapan ang mga bagay na ito. Dahil layunin ito ng Diyos, nililinaw natin ito at tinutulungan natin ang lahat na maunawaan ito, para malaman nilang ito ang katotohanan at na dapat magsumikap ang lahat para sa katotohanang ito ng pangangaral ng ebanghelyo, nang sa gayon ay magkaroon ang bawat tao ng ganitong uri ng kabatiran at makabuo ng ganitong uri ng pasanin.

Ang kasunod na tanong ay, bakit natin dapat hayaan na mas maraming tao ang makaunawa sa layunin ng Diyos para magawa nilang maipangaral ang ebanghelyo at matupad ang kanilang mga tungkulin? Bakit dapat itong gawin? Maaaring sabihin ng ilan, “Nais ng Diyos na maligtas ang bawat tao at ayaw Niyang masadlak sa perdisyon ang sinuman, kaya dapat nating hayaan na mas maraming tao ang tumanggap sa gawain ng Diyos.” Tama ang pahayag na ito, pero hindi ito ang esensiyal na sagot sa tanong. Kaya, ano ang esensiyal na sagot sa tanong na ito? Alam ba ninyo? (Nais ng Diyos na makamit ng isang grupo ng mga taong kaisa Niya ng puso at isipan.) Nais ng Diyos na makamit ang isang grupo ng mga taong kaisa Niya ng puso at isipan, at kailangan itong makamit sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng ebanghelyo. Ang pinag-uusapan natin ngayon ay ang malawak na pangangaral ng ebanghelyo. May pagkakaiba ba sa pagitan ng malawak na pangangaral ng ebanghelyo at ng pagkakamit ng isang grupo ng mga tao? (Oo.) Kung gayon, ano ang layunin ng malawak na pangangaral ng ebanghelyo? (Ang magligtas ng pinakamaraming taong maaaring iligtas.) Ang magligtas ng pinakamaraming taong maaaring iligtas ay isang prinsipyo ng pagliligtas ng Diyos pero hindi ang sagot sa tanong na ito. Mula nang magsimula ang gawaing ito, paulit-ulit Kong tinalakay ang tungkol sa kung paanong, sa panahong ito, dumating ang Diyos para gumawa ng gawain nang sa gayon ay pasinayaan ang isang kapanahunan, para magdala ng bagong kapanahunan at wakasan ang luma—para dalhin ang Kapanahunan ng Kaharian at wakasan ang Kapanahunan ng Biyaya. Ang lahat ng tumanggap sa gawain ng Diyos sa mga huling araw ay nakasaksi sa katunayang ito. Ang Diyos ay gumagawa ng bagong gawain, nagpapahayag ng katotohanan para hatulan ang sangkatauhan, nagdadalisay at nagliligtas sa sangkatauhan. Nagsimula nang lumaganap ang ebanghelyo ng kaharian sa maraming bansa. Nakalabas na ang

sangkatauhang ito sa Kapanahunan ng Kautusan at sa Kapanahunan ng Biyaya. Hindi na sila nagbabasa ng Bibliya, hindi na sila namumuhay sa ilalim ng krus, at hindi na sila tumatawag sa pangalan ng Tagapagligtas na si Jesus. Sa halip, nananalangin sila sa ngalan ng Makapangyarihang Diyos at kasabay ring tinatanggap ang mga kasalukuyang salita ng Diyos bilang mga prinsipyo, pamamaraan, at layon ng pananatili sa buhay nila. Hindi ba't ang ibig sabihin nito ay nakapasok na sa bagong kapanahunan ang mga taong ito? (Oo.) Nakapasok na sila sa bagong kapanahunan. Kaya, ano ang kapanahunan kung kailan mas marami pang tao, na hindi pa tumatanggap sa ebanghelyo sa mga huling araw at sa mga bagong salita ng Diyos, ang nabubuhay pa rin? Nabubuhay pa rin sila sa Kapanahunan ng Biyaya. Ngayon, ano ang inyong responsabilidad? Ito ay ang dalhin sila palabas mula sa Kapanahunan ng Biyaya at papasok sa bagong kapanahunan. Matutupad ba ninyo ang atas ng Diyos sa pamamagitan lamang ng pagdarasal at pagsambit sa Kanyang pangalan? Sapat na ba ang mangaral lang ng ilang salita ng Diyos? Talagang hindi ito sapat. Hinihingi nito sa bawat isa sa inyo na magkaroon ng pasanin na gampanan ang atas na ito ng pangangaral ng ebanghelyo, na malawakang ipamahagi ang mga salita ng Diyos, na ipakalat ang mga salita ng Diyos sa iba't ibang paraan, at ipakalat at ipalaganap ang ebanghelyo ng kaharian. Ano ang ibig sabihin ng ipalaganap? Ito ay nangangahulugan na iparating ang mga salita ng Diyos sa mga hindi pa nakatanggap sa gawain ng Diyos sa mga huling araw, na ipaalam sa mas maraming tao na gumagawa ang Diyos ng bagong gawain, at pagkatapos ay magpatotoo sa kanila tungkol sa mga salita ng Diyos, gamitin ang inyong mga karanasan para magpatotoo tungkol sa gawain ng Diyos, at dalhin din sila sa bagong kapanahunan—sa ganitong paraan, papasok sila sa bagong kapanahunan tulad ninyo. Malinaw ang layunin ng Diyos. Hindi lamang ito para sa inyo na nakarinig sa Kanyang mga salita, na tumanggap sa mga ito, at sumunod sa Diyos, ang makapasok sa bagong kapanahunan, kundi dadalhin din Niya ang buong sangkatauhan sa bagong kapanahunang ito. Ito ang layunin ng Diyos, at ito ay isang katotohanan na dapat maunawaan ng bawat tao na sumusunod sa Diyos ngayon. Hindi inaakay ng Diyos ang isang grupo ng tao, ang isang maliit na paksiyon, o ang isang maliit na pangkat etniko papasok sa bagong kapanahunan; sa halip, nilalayon Niyang dalhin ang buong sangkatauhan sa bagong kapanahunan. Paano maisasakatuparan ang layong ito? (Sa pamamagitan ng malawakang pangangaral ng ebanghelyo.) Tunay nga na dapat itong maisakatuparan sa pamamagitan ng malawakang pangangaral ng ebanghelyo, gamit ang iba't ibang pamamaraan at kaparaanan upang malawakang ipangaral ang ebanghelyo. Madali lamang magsalita tungkol sa malawakang pangangaral ng ebanghelyo, ngunit paano ba ito dapat partikular na gawin? (Nangangailangan ito ng pakikipagtulungan ng tao.) Mismo, ito ay nangangailangan ng pakikipagtulungan ng tao. Kung palaging kakapit ang mga tao sa ilang lumang bagay na nasa puso nila, palaging magkikimkim ng ilang baluktot na elemento, panghahawakan ang mga lumang regulasyon at gawi, pero hindi seseryosohin ang gawain ng ebanghelyo, at hindi tatanggapin ang atas ng Diyos,

itinuturing ang gawain ng ebanghelyo na walang kaugnayan sa kanila, puwede bang iangat at gamitin ng Diyos ang gayong mga tao? Puwede ba nilang taglayin ang mga kalipikasyon para makapamuhay sa harapan ng Diyos? Matatamo ba nila ang pagsang-ayon ng Diyos? Talagang hindi. Samakatwid, kailangan Ko kayong payuhan sa inyong paraan ng pag-iisip, tukuyin ang anumang elementong hindi ninyo nauunawaan, at walang-sawang ipaliwanag ang mga nauugnay na katotohanan hanggang sa maarok ninyo ang mga ito. Gaano man kayo kamanhid at kahinang umunawa, kailangan Ko kayong patuloy na kausapin at ipaunawa sa inyo na ito ang layunin ng Diyos, ito ang tungkuling dapat ninyong gampanan, at ito ang misyon at obligasyon ninyo sa buhay na ito. Kung hindi mo pagtutuunan ng pansin ang sinasabi Ko o kung hindi mo ito nauunawaan, kailangan Kong patuloy na magsalita. Kahit na sawa ka na rito, kailangan Kong patuloy na magsalita hanggang sa maunawaan mo ang katotohanan. Ano ang katotohanan? Ang katotohanan ay kung ano ang ipinapahayag ng Diyos; ito ay ang mga layunin ng Diyos, ang mga hinihingi ng Diyos sa sangkatauhan, at ang katotohanang realidad na dapat taglayin ng mga tao sa bagong kapanahunan. Paano dapat ituring ng mga tao ang mga layunin ng Diyos? Dapat nilang tanggapin ang mga ito nang walang pasubali at lubusan, pagkatapos ay magpasakop at makipagtulungan, nang sa gayon ay matugunan ang mga layunin ng Diyos. Obligasyon ito ng isang tao. Nauunawaan ba ninyo kapag ganito ang pagkakasabi Ko? Maaaring sabihin ng ilan, “Naku, hinihingi ng Diyos sa mga tao na tanggapin ang Kanyang atas, pero ano ang kinalaman niyon sa ating mga tao na hindi makabuluhan?” Tingin ba ninyo ay may kinalaman ito sa kanila? (Mayroon.) Ano ang kinalaman nito sa kanila? Hayaan ninyong ipaliwanag Ko. Ang Diyos ay ang Lumikha, at ang mga tao ay ang Kanyang mga nilikha. Ano ang ugnayan sa pagitan ng “paglikha” at “nilikha”? Ito ay ang ugnayan sa pagitan ng paggawa at ng ginagawan, sa pagitan ng paglikha at nililikha. Dahil ipinaalam na sa iyo ang mga layunin ng Lumikha, anong saloobin ang dapat mayroon ka sa iyong pagtugon? (Tanggapin ang mga ito at makipagtulungan nang buong lakas ko.) Mismo, dapat kang magpasakop sa mga ito at tanggapin ang mga ito, makipagtulungan nang buong lakas, anuman ang kapalit. Kalakip ba ng pakikipagtulungang ito ang paghahangad sa katotohanan? Kalakip ba nito ang pag-unawa sa katotohanan? Pareho itong kabilang. Dahil nauunawaan mo ang mga hinihingi at ang atas ng Diyos, nauugnay ang mga ito sa misyon mo, tungkulin mo ang mga ito—dahil alam mo ito, dapat mo itong tanggapin. Ito ang dapat gawin ng isang taong may konsensiya at katwiran. Kung alam mo ang mga hinihingi at ang atas ng Diyos pero hindi mo kayang tanggapin ang mga ito, wala kang konsensiya at katwiran, at hindi ka karapat-dapat na tawaging tao. Maaaring hindi pa rin nauunawaan ng ilang tao, iniisip na, “Ano ba ang kinalaman sa amin ng mga layunin ng Diyos?” Kung walang kinalaman sa iyo ang mga layunin ng Diyos, hindi ka tagasunod ng Diyos o miyembro ng sambahayan ng Diyos. Halimbawa, ipinanganak ka ng mga magulang mo at pinalaki ka sa loob nang maraming taon; kumain ka ng pagkain nila, tumira sa bahay nila, at ginastos ang pera nila. Pero kapag may problema sa bahay, at sinasabi mong wala itong

kinalaman sa iyo, binabalewala ito at lumalayas ka na lang, anong klaseng tampalasan ito? Ang sabihing isa kang tagalabas ay magandang pakinggan; sa realidad, isa kang mapaghimagsik na tampalasan, isang hayop na nakadamit ng tao, mas mababa sa isang hayop. Ginawa nang malinaw para sa iyo ang layunin ng Diyos, at sinasabi ng Diyos, “Tinanggap ninyo ang yugtong ito ng gawain, at nauna Ko nang ibinigay sa inyo ang mga salitang ito, para mauna ninyong marinig ang mga ito, at narinig nga ninyo ang mga ito, naunawaan ang mga ito, at naarok ang mga ito. Ngayon, sasabihin Ko rin sa inyo ang layunin Ko at ang hinihingi Ko sa inyo. Dapat ninyong ipakalat ang Aking gawain, Aking mga salita, at ang mga bagay na isasakatuparan Ko para bigyang-daan ang buong sangkatauhan na marinig ang boses Ko; dapat ninyong ipalaganap ang Aking ebanghelyo ng kaharian para bigyang-daan ang buong sangkatauhan na mabilis na tanggapin ang gawain ng Diyos at makapasok sa Kapanahunan ng Kaharian. Ito ang layunin at hinihingi ng Diyos.” Paano ka dapat magnilay pagkarinig nito? Anong uri ng saloobin ang dapat mayroon ka? Paano ka dapat pumili? Paano mo dapat gampanan ang tungkuling dapat gampanan ng isang nilikha? Maaaring maramdaman ng ilang tao na mabigat ang pasanin, pero hindi sapat ang damdamin lang; kailangan mo ng aksiyon at tunay na pagkaunawa. Dapat kang manalangin sa Diyos nang ganito: “O Diyos, ipinagkatiwala Mo sa akin ang responsabilidad ng pangangaral ng ebanghelyo—ito ang pagtataas Mo. Kahit na katiting lang na katotohanan ang nauunawaan ko, handa kong gawin ang makakaya ko para tuparin ang atas na ito. Napakaraming sermon na ang narinig ko at naunawaan ko na ang ilang katotohanan—ang lahat ng ito ay biyaya Mo, at may responsabilidad na ako ngayong magpatotoo sa mga salita at sa gawain ng Diyos, para tuparin ang atas na ito.” Tama iyon; kapag may pusong nagpapasakop sa Diyos ang mga tao, ginagabayan Niya ang mga ito. Malinaw nang sinabi ng Diyos sa mga tao na ang pagpapakalat ng ebanghelyo ng Diyos ay isang obligasyon at isang responsabilidad na hindi puwedeng iwasan ninuman. Isa itong panghabambuhay na tungkulin, isang tungkulin ng bawat nilikha. Naglalaman ba ang mga salitang ito ng utos mula sa Diyos? Naglalaman ba ang mga ito ng atas Niya? (Oo.) Naglalaman ba ang mga ito ng layunin ng Diyos? (Oo.) Naglalaman ba ang mga ito ng mga katotohanang dapat maunawaan ng mga tao? (Oo.) May mga prinsipyo at landas ba ng pagsasagawa rito na maaaring sundin ng isang tao? (Oo.) Ilang punto ang binanggit Ko sa kabuuan? (Apat na punto: Ang una ay ang utos at atas ng Diyos. Ang ikalawa ay ang layunin ng Diyos. Ang ikatlo ay ang mga katotohanang dapat nating maunawaan. Ang ikaapat ay ang mga prinsipyo at landas ng pagsasagawa na dapat sundin ng isang tao.) Tama iyon; nabanggit Ko ang apat na puntong ito sa kabuuan. Susunod, pagbahaginan natin ang espesipikong nilalaman ng bawat isa.

Ang unang aytem ay ang utos ng Diyos. Ano ang utos ng Diyos? (Ang ipakalat ang ebanghelyo ng kaharian.) Ito ay ang malawak na ipangaral ang ebanghelyo ng kaharian. Ang ikalawang aytem ay ang layunin ng Diyos. Ano ang layunin ng Diyos? Ito ay ang ipaalam sa mas maraming tao na dumating na ang Diyos, na may ginagawa Siyang

bagong gawain, na nilalayon ng Diyos na baguhin ang kapanahunan, wakasan ang lumang kapanahunan, at akayin ang sangkatauhan sa isang bagong kapanahunan. Ito ang layunin ng Diyos, hindi ba? Masasabi ba ng isang tao na ang layunin ng Diyos ay ang ipalaganap ang ebanghelyo? Hindi iyon ganoon kasimple. Ang pagpapalaganap ng ebanghelyo ay may pangwakas na layunin at resulta—ano iyon? (Ang ipaalam sa mas maraming tao na dumating na ang Diyos, may ginagawa Siyang bagong gawain, at nilalayon Niyang wakasan ang lumang kapanahunan, at akayin ang buong sangkatauhan tungo sa isang bagong kapanahunan.) Tama iyon, ang akayin ang buong sangkatauhan tungo sa isang bagong kapanahunan. Ano ang epekto nito sa sangkatauhan? Papasok ang sangkatauhan sa isang bagong kapanahunan; mababago ang kapanahunang ito. Kaya, ano ang layunin ng Diyos? Pakiulit ito. (Nilalayon ng Diyos na baguhin ang kapanahunan, wakasan ang lumang kapanahunan at akayin ang sangkatauhan sa isang bagong kapanahunan.) Wala kang puwedeng kalimutang anuman—naisulat mo ba ang lahat? (Oo.) Ang ikatlong aytem ay ang katotohanang dapat maunawaan ng mga tao. Ano ang katotohanang ito? (Ang pangangaral ng ebanghelyo ay ang tungkulin at responsabilidad ng bawat nilikha.) Iyon ang katotohanan. Sa katotohanang ito, ang dapat gawin ng mga tao ay ang tanggapin ang tungkulin ng pangangaral ng ebanghelyo at pagkatapos ay hanapin ang mga prinsipyo at landas ng pagsasagawa na nakapaloob sa pahayag na ito. Ang pahayag na ito ay ang katotohanan para sa mga tao. Ano ang pahayag? (Ang pangangaral ng ebanghelyo ay ang tungkulin at responsabilidad ng bawat nilikha.) Ito dapat ang tungkulin at misyon. Paano mo nauunawaan ang tungkulin at misyon? Ang tungkulin ay ang responsabilidad na dapat tuparin ng isang tao, at ang responsabilidad na dapat tuparin ng isang tao ay ang kanya ring tungkulin. Pero iba ang misyon; ang misyon ay mas malaki, mas akma, may mas malalim na kahulugan at mas mabigat kaysa responsabilidad. Naisulat ba ninyo ito? (Oo.) Ngayon, may napansin ako; kailangang itala ang lahat ng nilalamang ito na tinatalakay natin bago kayo magkaroon ng ideya tungkol sa mga ito. Kung hindi ninyo isusulat ang mga ito, at makikinig lang nang ganito, hindi man lang ito mag-iiwan ng impresyon. Ano ang ipinapahiwatig nito? Ipinapakita nitong hindi nauunawaan ng mga tao ang katotohanan; katiting na doktrina lang ang naa-arok nila at ang kahulugan, konsepto, at balangkas lang ng ilang katotohanan ang alam nila. Pagdating sa mga espesipikong detalye ng mga katotohanang ito, kung paano isagawa ang mga ito at gamitin ang mga ito, wala silang ideya, hindi ba? Para sa karamihan sa inyo, hindi mahirap na pag-usapan ang doktrina nang dalawa o tatlong oras, pero pagdating sa paggamit sa katotohanan para lumutas ng mga sitwasyon, gamit ang mga prinsipyo at landas ng pagsasagawa na naranasan at naunawaan na ninyo—mahirap iyon. Ano ang problema rito? Ang hindi pagkaunawa sa katotohanan, hindi ba't tama iyon? Ngayon, dumako tayo sa ikaapat na aytem. Ano ang ikaapat na aytem? (Ang mga prinsipyo at landas ng pagsasagawa na dapat sundin ng isang tao.) Paano tinutukoy ang mga prinsipyo at landas na ito? Tinutukoy ang mga ito batay sa dalawang bagay: Ang isa ay ang layunin ng Diyos, at ang isa pa ay ang katotohanan. Ang dalawang bagay na

ito ang dapat maunawaan ng mga tao. Halimbawa, kung nag-aalangan kang ipangaral ang ebanghelyo kapag hiniling ito sa iyo, pero sinasabi ng Diyos na ang pangangaral ng ebanghelyo ay ang Kanyang layunin, ano ang dapat mong gawin? Ano ang dapat na maging mga prinsipyo mo ng pagsasagawa? Ano ang dapat na maging saloobin mo? Dapat kang magpasakop dito at tanggapin ito nang buo, nang hindi tumatanggi, nang walang pagsusuri o pagsisiyasat, nang hindi hinihingi ang dahilan. Ito ang tunay na pagpapasakop. Isa itong mahalagang prinsipyo na dapat sundin sa pagsasagawa ng katotohanan. Kapag pinag-uusapan natin ang layunin ng Diyos sa paraang nagbibigay-kahulugan, ano ang karaniwan nitong tinutukoy? Ang layunin ng Diyos ay talagang ang pagnanais ng Diyos, ang hangarin, pinanggagalingan, at panimulang punto para sa Kanyang mga pagkilos. Sa mga espirituwal na termino, tinatawag itong Kanyang “layunin” o ang “pangitain.” Kapag inihayag sa iyo ng Diyos ang Kanyang layunin, binibigyan ka Niya ng pangkalahatang direksiyon, ipinapaalam sa iyo kung ano ang nilalayon Niyang gawin. Gayumpaman, kung hindi ibibigay ng Diyos ang mga detalye o mga prinsipyo, alam mo ba ang eksaktong landas at direksiyon sa pagsasagawa? Hindi. Kaya kapag sinasabi Ko sa mga taong gawin ang isang bagay, iyong mga nakakapag-isip nang mabuti, na may puso at espiritu, ay agad na hahanapin ang mga detalye at kung paano ito espesipikong gawin pagkatapos itong tanggapin. Ang mga taong hindi nakakapag-isip nang mabuti, na walang puso at espiritu, ay maaaring mag-isip na madali ito at magmadaling kumilos nang hindi naghihintay para sa mga karagdagang detalye. Ito ang ibig sabihin ng hindi pag-iisip nang mabuti at bulag na paggawa sa isang gawain. Kapag nakatanggap ka ng atas mula sa Diyos at layon mong tuparin ang tungkulin mo at tapusin ang misyon mo, dapat mo munang maunawaan ang layunin ng Diyos. Kailangan mong malaman na nagmumula sa Diyos ang atas na ito, na layunin Niya ito, at dapat tanggapin mo ito, isaalang-alang ito, at higit sa lahat, magpasakop dito. Pangalawa, dapat mong hanapin kung aling mga katotohanan ang kailangan mong maunawaan para magampanan ang tungkuling ito, aling mga prinsipyo ang dapat mong sundin, at kung paano magsagawa sa paraang nakakatulong sa hinirang na mga tao ng Diyos at sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Ang mga ito ang mga prinsipyo ng pagsasagawa. Matapos maunawaan ang layunin ng Diyos, dapat mong agad na hanapin at unawain ang mga katotohanang nauugnay sa paggampan sa tungkuling ito at, matapos maunawaan ang katotohanan, tiyakin ang mga prinsipyo at landas ng pagsasagawa ng mga katotohanang ito. Ano ang tinutukoy ng “mga prinsipyo”? Sa partikular, ang isang prinsipyo ay tumutukoy sa isang bagay kung saan dapat nakabatay ang pagkamit ng isang target o paggawa ng mga resulta kapag nagsasagawa ng katotohanan. Halimbawa, kung inatasan kang bumili ng isang aytem, ano ang mga espesipikong prinsipyo ng pagsasagawa? Una, kailangan mong maunawaan ang mga espesipikasyon at modelo ng aytem na bibilhin, ang mga pamantayan sa kalidad na dapat nitong matugunan, at kung akma ba ang presyo. Sa proseso ng paghahanap, magkakamit ka ng kalinawan tungkol sa mga partikular na prinsipyo ng pagsasagawa. Ang mga prinsipyong ito ay

nagbibigay sa iyo ng sukat at ng saklaw—magiging maayos ka hangga’t mananatili ka sa saklaw na ito. Kapag naunawaan mo na ang mga pangunahing prinsipyong kaugnay ng mga espesipikasyon, kalidad, at presyo ng aytem, ipinapakita nitong naarok mo na ang mga kinakailangang pamantayan para sa gampaning ito. Ibig sabihin nito na halos natutunan mo na kung paano magsagawa. Dapat maarok ng isang tao ang mga prinsipyo para maisagawa ang katotohanan: Ang mga prinsipyo ang susi, ang pinakapangunahing elemento. Kapag naarok mo na ang mga pundamental na prinsipyo ng paggampan sa tungkulin mo, ipinapakita nitong nauunawaan mo ang mga kinakailangang pamantayan sa paggampan sa tungkuling iyon. Ang makabisado ang mga prinsipyong ito ay katumbas ng malaman kung paano isagawa ang katotohanan. Kaya, sa anong batayan itinatag ang kakayahang ito sa pagsasagawa? Ito ay sa pundasyon ng pagkaunawa sa layunin ng Diyos at sa katotohanan. Maituturing bang pagkaunawa sa katotohanan kung isang pangungusap lang sa hinihingi ng Diyos ang alam mo? Hindi. Anong mga pamantayan ang dapat matugunan para maituring na pagkaunawa sa katotohanan? Dapat mong maunawaan ang kahulugan at halaga ng paggampan sa iyong tungkulin at, kapag naging malinaw na sa iyo ang tungkol sa dalawang aspektong ito, naunawaan mo na ang katotohanan ng paggampan sa tungkulin mo. Higit pa rito, matapos maunawaan ang katotohanan, dapat mo ring maarok ang mga prinsipyo ng paggampan sa tungkulin mo at ang mga landas ng pagsasagawa. Kapag kaya mo nang maarok at magamit ang mga prinsipyo ng paggampan sa tungkulin mo, at maglapat minsan ng kaunting karunungan, matitiyak mo na ang pagiging epektibo ng paggampan sa tungkulin mo. Sa pamamagitan ng pag-arok sa mga prinsipyong ito at pagkilos ayon sa mga ito, masasabing isinasagawa mo ang katotohanan. Kung gagampanan mo ang iyong tungkulin nang hindi ito hinahaluhan ng anumang mga intensyong pantao, kung gagawin ito sa pamamagitan ng lubusang pagpapasakop sa mga hinihingi ng Diyos at ayon sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, ganap na umaayon sa mga salita ng Diyos, ganap mo nang natupad ang tungkulin mo nang pasok sa pamantayan, at kahit na maaaring may ilang pagkakaiba sa mga resulta kumpara sa mga hinihingi ng Diyos, maituturing pa rin itong pagsasakatuparan sa mga hinihingi ng Diyos. Kung gagampanan mo ang tungkulin mo nang ganap na alinsunod sa mga prinsipyo, kung tapat ka, sa abot ng iyong makakaya, ganap na umaayon sa layunin ng Diyos ang paggampan mo sa tungkulin. Natupad mo ang tungkulin mo bilang isang nilikha nang buong puso, isipan, at lakas mo, na siyang resultang naisakatuparan sa pamamagitan ng pagsasagawa sa katotohanan. Ngayon, para maarok ang mga prinsipyo at landas ng pagsasagawa, ano muna ang dapat mong maunawaan para makamit ang resultang ito? (Una, dapat nating maunawaan ang layunin ng Diyos, at pagkatapos ay tanggapin ito at magpasakop dito nang buong-buo at walang pagtangga.) Ito ang dapat taglayin ng mga tao pagdating sa pagsasagawa at saloobin. Ano ang susunod na dapat maunawaan? Dapat mong maunawaan ang katotohanan, at ang mga detalyeng nakapaloob sa katotohanan ang bumubuo sa mga prinsipyo at landas. Para maarok ang mga prinsipyo

at landas ng pagsasagawang dapat mong sundin, ang unang bagay na dapat mong maunawaan ay ang layunin ng Diyos, na sinusundan ng katotohanan. Ang mga ito ang dalawang pangunahing punto, at ang lahat ng iba pa ay binubuo ng detalyadong nilalaman na nakapaloob sa mga ito.

Ang unang kategorya tungkol sa mga gumagampan sa tungkulin nila sa pangangaral ng ebanghelyo ay pansamantalang tatapusin dito. Ngayong araw, nagdagdag Ako ng kaunti pa bilang karagdagang babasahin na magsisilbing paalala sa pangunahing paksang tinalakay noong nakaraan. Kasabay nito, nagsisilbi itong babala para kilalanin ng lahat ang kahalagahan ng katotohanang ito, nang sa gayon ang bawat gampanin na kasalukuyan mong kinasasangkutan at bawat tungkuling ginagampanan mo ay nakatuon sa direksiyon at layon na ito at isinasagawa sa pundasyong ito—nauugnay lahat sa pangangaral ng ebanghelyo. Kahit na wala ka sa mga frontline na nakikipag-ugnayan sa mga potensyal na tatanggap ng ebanghelyo, ang lahat ng tungkuling kasalukuyan mong ginagampanan ay masasabing nauugnay sa gawain ng ebanghelyo. Sa batayang ito, hindi ba't ang lahat ay dapat na may mas malinaw at mas natanglawang pagkaunawa tungkol sa katotohanang nauugnay sa pangangaral ng ebanghelyo? (Oo.) Sa pamamagitan ng karagdagang babasahin ngayong araw, nagkaroon ba kayo ng malinaw na pananaw tungkol sa bigat at halaga ng tungkulin ng pangangaral ng ebanghelyo? (Oo.) Kung gayon, ano ang pinakaakma at wastong saloobin na dapat taglayin ukol sa katotohanang ito sa hinaharap? Ang pagpapalaganap ng ebanghelyo ay layunin ng Diyos. Nilalayan ng Diyos na wakasan ang lumang kapanahunang ito, at akayin ang mas marami pang tao sa harapan Niya, palabas sa lumang kapanahunan at tungo sa bago. Ito ang layunin ng Diyos, at isa itong bagay na dapat maunawaan ng lahat. Maaaring sabihin ng ilan, "Nauunawaan ko, pero hindi ako makaipon ng sigasig na kailangan para ipangaral ang ebanghelyo, at wala sa puso ko ang gawin ang bahagi ko." Ano ang isyu rito? (Kawalan ng pagkatao.) Mismo. Kinikilala mo ang sarili mo bilang isang nilikha at tagasunod ng Diyos, pero pagdating sa layunin ng Diyos na madalas Niyang binibigay bilang babala sa lahat, ang agaran Niyang layunin na malinaw na ipinaliwanag sa lahat ng tao, kung hindi mo ito pagtutuunan ng pansin at wala kang pakialam dito, anong uri ka ng tao kung ganoon? Pagpapamalas ito ng kawalan ng pagkatao. Gusto mong dakilain ang Diyos at sabihing Siya ang Diyos at Panginoon mo, pero pagdating sa layunin ng Diyos, wala kang ipinapakitang katiting na pakialam, walang anumang pagsasaalang-alang. Isa itong kawalan ng pagkatao, at walang puso ang ganitong tao. Dito na nagtatapos ang paksang ito.

Ang mga Kahulugan ng Pagiging mga Lider at Manggagawa at mga Dahilan sa Paglalagay sa Kanila sa Posisyon

Susunod, talakayin natin ang ikalawang kategorya: iyong mga gumagampan sa mga tungkulin ng mga lider at manggagawa. Kahit kaunti sa bilang, ginagampanan ng ganoong mga tao ang isang mahalagang papel pagdating sa kalikasan ng gawain nila.

Kinapapalooban din ng maraming katotohanan ang mga tungkulin ng mga lider at manggagawa—mas marami pa ngang katotohanan kaysa sa pangangaral ng ebanghelyo. Bakit Ko ito sinasabi? Napakalawak ng saklaw ng mga tungkuling ito. Isang aspekto ng mga tungkuling ito ay ang panlabas na pagpapalaganap ng gawain ng ebanghelyo, at ang isa pa ay ang panloob na pagdidilig at pagtustos sa hinirang na mga tao ng Diyos, pamamahala nang mabuti sa buhay iglesia, pati na rin ang pangangasiwa sa mga usapin ng iglesia at paglutas sa lahat ng uri ng problema. Ibig sabihin, dapat maunawaan ng mga lider at manggagawa ang mas maraming katotohanan, at mas mahihigpit na hinihingi ang dapat hilingin sa kanila kaugnay ng ilang partikular na prinsipyo ng pagsasagawa, at ang ugnayan nila sa Diyos ay dapat na mas malapit. Ang pagiging lider o manggagawa ay kinapapalooban ng pagsasagawa at pagpasok sa iba't ibang aspekto ng katotohanan, sa mga landas na tinatahak ng mga tao, pati na rin ang marami pang aspekto. Kung ikukumpara sa paggampan sa tungkulin ng pangangaral ng ebanghelyo, ang pagiging lider o manggagawa ay mas malapit na nauugnay sa buhay pagpasok at nangangailangan din ng pagsasakatuparan ng pagbabago ng disposisyon. Ibig sabihin nito na ang iba't ibang katotohanang nauugnay sa mahusay na paggawa ng gawain ng mga lider ay mas marami at mas malawak. Pero kahit na gaano pa iyon karami, nabibilang pa rin ang mga iyon sa ilang pangunahing tema, kaya suriin natin ang mga iyon nang kada aytem, at kada punto, at unti-unti ninyong mauunawaan ang mga ito. Magsimula tayo sa pag-uusap tungkol sa depinisyong ng mga lider at manggagawa. Bakit kinakailangang tukuyin ang mga ito? Ang depinisyong ay katumbas ng pagpoposisyong sa isang bagay, ibig sabihin, sinasabi nito sa mga tao ang kalikasan ng mga tungkuling ito at saklaw ng mga responsabilidad ng mga tungkuling ito, pati na rin ang mga titulo ng mga ito—sa madaling salita, ano ang itatawag sa mga ito. Sa tumpak na pagtukoy sa mga tungkuling ito, maaaring magkaroon ang mga tao ng kalinawan ng pag-iisip kaugnay ng katayuan ng categoryang ito ng mga tao sa isipan ng Diyos, kung ano ang hinihingi Niya sa kanila, at kung ano ang mga hinihingi Niya sa paggampan nila sa mga tungkuling ito, kung anong landas ang dapat nilang tahakin, at kung anong mga prinsipyo ang dapat nilang isagawa. Bata man sila o matanda, mataas at marangal ang posisyong, o mababa at hamak ang posisyong, at anuman ang pinanggalingan nila, sa anumang kaso, may mga hinihinging pamantayan ang Diyos para sa ganoong mga tao. Sa madaling salita, may mga katotohanang dapat maunawaan ang mga taong gumagampan sa ganoong mga tungkulin; may mga katotohanang prinsipyo na dapat nilang maarok at isagawa, at may isang partikular na landas na dapat nilang sundan. Kaya, paano karaniwang tinutukoy ang mga hinirang na mamuno at gumawa mula sa mga tagasunod ng Diyos? Ano ang eksaktong depinisyong? Ano ang pinaniniwalaang depinisyong ng mga tao? At ano ang eksaktong posisyong pinanghahawakan ng ganoong mga tao sa puso ng iba? Hindi ba't nauugnay ito sa pagtukoy sa pagkakakilanlan at katayuan ng ganoong mga tao? Paano pinoposisyong ng iba ang grupong ito sa kanilang puso? Ito ba ay bilang mga apostol? Hindi. Ito ba ay bilang mga disipulo? Hindi rin ito bilang mga disipulo. May tumatawag

ba sa kanila na mga pastol? (Oo.) Naaangkop bang titulo ang “mga pastol”? (Hindi.) Bakit hindi? (Maling posisyon ito.) May kakayahan ba ang mga taong gampanan ang papel ng mga pastol? (Wala.) Dahil hindi sila mga apostol o disipulo, at hindi rin naaangkop ang “mga pastol,” ano mismo ang pinakaangkop na pangalan para sa mga taong gumagampan sa mga tungkuling ito? Ano ang mas akma ng termino? (Mga tagapagbantay.) Akma ba ang “mga tagapagbantay”? Wala akong nakikitang pagkakaiba sa pagitan ng titulong ito at ng “mga pastol.” Engrande kung pakinggan ang pangalang ito, pero ang gawaing ginagawa ng mga taong ito ay medyo maliit lang. Wala sa mga titulong ito ang akma. Kaya, batay sa kalikasan ng mga tungkuling ginagampanan ng mga taong ito, ano ang mas angkop na pangalan at depinisyon? Ano ang mga prinsipyo sa pagtukoy sa ganoong mga tao? Dapat tumugma ang depinisyon sa kalikasan ng gawain nila, pati na rin sa pagkakakilanlan at katayuan nila, at dapat sakto lang ito, at hindi masyadong engrande. Kung tinukoy natin ang mga taong ito bilang “mga apostol,” masyado bang engrande iyon? (Oo.) O kaya, paano kung “mga tagapagbantay”? (Mas engrande pa iyon.) May kakayahan ka bang bantayan ang mga tao? Kung hindi, hindi ka isang tagapagbantay. Paano kung “mga pastol”? Ano ang tinutukoy ng “mga pastol”? (Mga taong nag-aalaga ng kawan.) Tumutukoy ito sa mga taong nag-aalaga at nagbabantay sa isang kawan ng mga tupa. Akma talaga ang pangalan sa grupong ito, batay lang sa kalikasan ng gawain nila. Gayumpaman, batay sa mga kayang pasanin ng mga tao sa panahon ngayon, sa kaya nilang makamit, at sa mga tiwali nilang disposisyon, akma ba ang titulong “mga pastol”? (Hindi.) Medyo engrande ito. Wala silang kakayahang gawin ito, at hindi ito tugma sa kalikasan o saklaw ng gawaing ginagawa ng mga tao sa panahon ngayon. Malinaw na hindi akma sa kanila ang titulong ito. Ano, kung gayon, ang pinakaangkop na paraan para tukuyin ang kategoryang ito ng mga tao? (Bilang mga lider at manggagawa.) Ang pariralang ito ay medyo naaangkop.

Ano ang sanhi ng pag-usbong ng kategorya ng mga tao na mga lider at manggagawa? Paano sila umusbong? Sa pangkalahatan, kailangan sila para sa gawain ng Diyos; sa mas partikular, kailangan sila para sa gawain ng iglesia, kailangan sila ng hinirang na mga tao ng Diyos. Anuman ang pagkakakilanlan o katayuan nila, at anuman ang papel na ginagampanan nila, kapantay sila ng mga ordinaryong miyembro ng hinirang na mga tao ng Diyos; ang pagkakakilanlan at katayuan nila sa harapan ng Diyos ay pareho. Kahit na umiiral ang terminong “mga lider at manggagawa” sa iglesia, at kahit na “mga lider” at “mga manggagawa” ang mga indibidwal na ito na gumagampan ng ibang tungkulin kaysa sa mga kapatid nila, ang titulo nilang “mga nilikha” sa harapan ng Diyos ay pareho pa rin; hindi magbabago ang pagkakakilanlang ito. Ang kaibahan sa pagitan ng mga lider at manggagawa at ng mga ordinaryong miyembro ng mga hinirang ng Diyos ay ang isang natatanging katangian lamang sa mga tungkuling ginagampanan nila. Pangunahing nakikita ang natatanging katangiang ito sa kanilang mga tungkulin ng pamumuno. Halimbawa, gaano man karami ang mga tao na nasa isang iglesia, ang lider ang pinuno. Ano ang ginagampanang papel ng lider na ito sa mga miyembro?

Pinamumunuan niya ang lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos sa iglesia. Ano ang epekto niya sa buong iglesia? Kung tumahak ang lider na ito sa maling landas, susundan siya ng lahat ng tao sa iglesia tungo sa maling landas, na magkakaroon ng malaking epekto sa lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos sa iglesia. Halimbawa si Pablo. Pinamunuan niya ang marami sa mga iglesiang itinatag niya at ang mga taong hinirang ng Diyos. Noong naligaw si Pablo, naligaw rin ang mga iglesia at ang mga taong hinirang ng Diyos na pinamunuan niya. Kaya, kapag may sariling hiwalay na landas na tinatahak ang mga lider, hindi lang sila ang naapektuhan, ang mga iglesia at ang mga taong hinirang ng Diyos na pinamumunuan nila ay naapektuhan din. Kung ang isang lider ay isang tamang tao, na lumalakad sa tamang landas at naghahangad at nagsasagawa sa katotohanan, ang mga taong pinamumunuan niya ay normal na kakain at iinom ng mga salita ng Diyos at normal na hahangarin ang katotohanan, at, kasabay nito, ang karanasan sa buhay at pagsulong ng lider ay makikita ng iba, at makakaapekto sa iba. Kaya, ano ang tamang landas na dapat lakaran ng isang lider? Ito ang kakayahang pangunahan ang iba tungo sa pagkaunawa sa katotohanan at sa pagpasok sa katotohanan, at akayin ang iba sa harapan ng Diyos. Ano ang maling landas? Ito ay ang paghahangad sa katayuan, kasikatan, at pakinabang, ang madalas na pagpapakitang-gilas ng sarili at pagpapatotoo sa sarili, hindi kailanman pagpapatotoo sa Diyos. Ano ang epekto nito sa hinirang na mga tao ng Diyos? (Iniuhap sila nito sa lider.) Maliligaw sila papalayo sa Diyos at hahantong sa ilalim ng kontrol ng lider na ito. Kung pinangungunahan mo ang mga tao upang lumapit sa harapan mo, kung gayon pinangungunahan mo sila upang lumapit sa harapan ng isang tiwaling tao, at pinangungunahan mo sila upang lumapit sa harapan ni Satanas, hindi sa Diyos. Tanging ang pangunguna sa mga tao upang humarap sa katotohanan ang siyang pangunguna sa kanila upang lumapit sa harapan ng Diyos. Ang mga lider at manggagawa, kung tumatahak man sila sa tamang landas o sa maling landas, ay may direktang impluwensiya sa hinirang na mga tao ng Diyos. Kapag hindi pa nila nauunawaan ang katotohanan, karamihan sa mga hinirang ng Diyos ay bulag na sumusunod. Maaaring isang mabuting tao ang lider, at susunod sila sa kanya; maaari namang isang masamang tao ang lider, at susunod pa rin sila sa kanya—hindi nila nakikita ang pagkakaiba. Sumusunod sila ayon sa pamumuno sa kanila, kahit sino pa man ang lider. Kaya nga napakahalaga na ang mga iglesia ay pumili ng mabubuting tao para maging mga lider nila. Ang landas na tinatahak ng bawat taong nananampalataya sa Diyos ay direktang may kaugnayan sa landas na tinatahak ng mga lider nila, at maaaring sa iba't ibang antas ay maimpluwensiyahan ng mga lider at manggagawa na iyon. Magsimula tayo sa pamamagitan ng pagbabahaginan ayon sa dalawang linyang ito tungkol sa iba't ibang katotohanang may kinalaman sa mga tungkulin ng mga lider at manggagawa—ang tamang landas, sa isang banda, at ang maling landas, sa kabilang banda. Alin sa dalawang ito ang dapat muna nating pagbahaginan? (Ang maling landas.) Bakit ito ang pinipili ninyo? Mas mabuti bang talakayin muna ang tamang landas, o ang maling landas? (Ang maling landas.) Ang totoo, pareho itong tama—pero magkakaroon

ng ibang epekto kung alin ang unang tatalakayin. Kung magsisimula tayo sa pagtalakay sa maling landas, mas maraming matutuklasan ang mga tao tungkol sa tamang landas na nakapaloob sa maling landas at maraming negatibong bagay o kaalaman din ang malalaman nila, na magagamit nila para pangaralan ang mga sarili nila. Makakakuha sila ng isang bagay na positibo mula rito, at kung pagkatapos ay magpapatuloy tayo para talakayin ang tamang landas, magagawa ng mga tao na maarok kung ano ang positibo sa mas malalim na lebel at mas mabilis. Sa pangkalahatan, magagawa ang pamamaraang ito, at kapaki-pakinabang ito sa mga tao. Magsimula na tayo, kung gayon, sa pagtalakay sa maling landas.

Ang mga Teknik na Ginagamit ng mga Anticristo Para Kontrolin ang mga Tao

Kapag napili ang isang tao bilang lider o manggagawa at nagsimula na siyang gumampan sa mga tungkulin niya, dapat ba siyang sumunod sa isang partikular na asal? Tinatanong ng ilan, “Anong asal? Dapat ba niyang akyatin ang mga ulap o utusan ang hangin at ang ulan?” Wala sa dalawang ito ang tama. Kahit na hindi niya dapat akyatin ang mga ulap o sawayin ang hangin at ang ulan, at talagang hindi rin siya dapat na sumigaw mula sa mga bubong, dahil isa siyang tiwaling tao na may tiwaling disposisyon at diwa ni Satanas, sa ganoong mga pagkakataon, talagang nakakaramdam ang bawat tao ng dumadagundong na puwersa sa kaibuturan nila. Lahat sila ay may matatayog na ambisyon, at nakakaramdam ng matinding determinasyon na magtagumpay sa karera nila, na ipagmalaki ang mga kakayahan nila, na makakuha ng atensiyon, at na gawin ang lahat. Huwag muna nating pag-usapan, sa ngayon, kung tama o mali ang ganitong uri ng determinasyon. Kapag napili ang isang tao bilang lider o manggagawa, nagkikimkim siya ng mga napakakumplikadong damdamin sa kaibuturan niya. Ano ang ibig Kong sabihin ng kumplikado? Naniniwala ang ilan na hindi talaga madaling mapili bilang lider, at kahit na hindi sila sigurado kung mahusay nilang magagawa ang trabaho, at hindi alam kung ano ang magiging landas nila sa hinaharap, ganoon ang likas nilang katangian na napakasaya nila para sa oportunidad na ito, na napakaligaya nila na tanggapin ang marangal na responsabilidad at mabigat na pasaning ito. At saka, sa kaibuturan, pakiramdam nila ay medyo kontento sila sa sarili nila at mapalad sila. Saan sila mapalad? Naniniwala sila, “Pinili ako mula sa dose-dosena pang iba—tiyak na ako ay sadyang mahusay at may kakayahan. Tiyak na mas magaling ako kaysa sa mga ordinaryong tao, at may mas mahusay na pag-arok at mas malawak na espirituwal na pang-unawa kaysa sa karamihan. Maraming taon na akong nananampalataya sa diyos, at marami na akong ginugol at pinagsikapan. Pinapatunayan ng mga katunayan na kalipikado akong mamuno sa iglesia, ginagabayan ang mga tao sa pagpasok sa mga salita ng diyos at pag-unawa sa katotohanan. Napakaraming taong mas matalino, mas edukado, at mas matatas kaysa sa akin, kaya bakit ako ang pinili imbes na sila? Ipinapakita nitong may kakayahan ako at may mabuting pagkatao. Biyaya ito ng diyos.” Ito ang sinasabi nila sa

sarili nila. Idinagdag na lang ang “biyaya ng diyos” sa dulo, pero sa katunayan, ang mga tunay nilang kaisipan at tunay na pagkaunawa ay nasa unang bahagi ng monologo nila. Iniisip nila, “Kahit na hindi ako nakipagpaligsahan o nakipaglaban para dito, pinili pa rin ako. At ano ngayon ang dapat kong gawin? Hindi ko puwedeng biguin ang lahat, dapat kong ibigay ang lahat ng makakaya ko!” At paano nila ibinibigay ang lahat? Sa unang araw nila sa trabaho, ipinapatawag nila ang mga superbisor ng bawat pangkat para sa isang pagtitipon, at may partikular silang asal at enerhiya sa kanila. Anong uri ng enerhiya? Kumikilos sila nang mabilis at tiyak, at pinapanindigan nila ang sinasabi nila, sabik na makagawa ng kahanga-hangang simula. Una, sinusubukan nilang ipakita sa lahat kung gaano sila kahusay, pagkatapos ay sinusubukan nilang himukin ang mga tao na kilatisin at talikuran ang nauna sa kanila. Sinasabi nila: “Ngayong araw, gumugol muna tayo ng ilang sandali sa paghimay sa nauna sa akin, halimbawa, ang mga paraan kung paano niya pinigilan ang mga tao, sa aling mga aspekto ng gawain siya nagkulang o naging pabaya, at iba pa—puwede tayong magbahagi tungkol sa lahat ng bagay na ito. Kapag natapos na tayong magbahaginan, at may malinaw na kayong pagkilatis sa nakaraang lider, kaya na ninyo siyang talikuran, hindi na niya kayo napipigilan, at hindi na kayo nangungulila sa kanya, maituturing na kayong nagtataglay ng pang-unawa, at bilang tapat at mapagpasakop sa diyos. Sa pagtitipon sa araw na ito, magsisimula tayo sa pagpuna sa nakaraang huwad na lider at anticristo. Ilantad natin siya.” Bilang tugon, sinasabi ng lahat na nagbahagi na sila tungkol dito, at nakilatis na nilang huwad na lider at anticristo ang nauna sa kanya, kaya wala na silang dapat ilantad. Pero hindi sumasang-ayon ang mga bagong lider na ito, at sinisimulan nilang isa-isahin ang mga tao at inuudyukan silang magbahagi. Hindi nila gusto ang pagbabahaginan ng ilang tao, kaya hinihiling nila sa isa sa mga kapatid na pinakamalapit sa dating lider na ilantad at himayin ito, pero matapos marinig ang pagbabahaginang ito, iniisip ng mga bagong lider, “Walang pagkilatis ang taong ito sa lider na nauna sa akin, at hindi pa rin niya ito tinatalikuran. Para bang may puwang pa rin siya sa puso ng taong ito. Hindi talaga ito puwede; ngayon, dapat akong mag-isip ng paraan para lubusang ilantad ang nauna sa akin.” Pagkatapos niyon, ipapatawag nila ang isang taong may pinakapangit na ugnayan sa nakaraang lider para tumindig at ilantad ito. Kapag nailantad na ng taong iyon ang nakaraang lider, nasisiyahan na sila, at iniisip nilang karapat-dapat linangin ang taong ito. At ano ang gusto nilang linangin? Gusto nilang maglinang ng isang kasabwat, maglinang ng sarili nilang mga puwersa. Ganito tumatakbo ang unang pagtitipon. At makakamit ba nila ang kanilang layon pagkatapos ng pagtitipong ito? Hindi pa lubusan, o hindi ganoon kabilis. Ano ang binabalak nila sa kanilang puso? “Wala nang mas hihiwaga pa sa puso ng tao, at wala nang mas sasama pa rito. Kailangan kong matiyak kung ano ang iniisip ng bawat tao tungkol sa nauna sa akin, at dapat malinaw sa akin kung ano ang iniisip nila sa akin, kung alam nila ang nakaraan ko, at kung alam nila ang lahat ng detalye tungkol sa akin, at sa huli, ipakita sa kanilang lahat na hindi nila ako dapat kantiin. Pero kailangan kong piliin nang mabuti ang mga paraan at taktika ko. Hindi ko puwedeng ilantad ang mga

hangarin ko; kailangan kong itago ang mga ito.” At saan nanggagaling ang lahat ng kaisipan, paraan ng paggawa, at motibong ito? Sa satanikong kalikasan nila. May ganoon ba kayong mga pagpapamalas? Noong araw na pinili kayo bilang mga lider o manggagawa, maaaring nagsimula kayo sa pagbibigay-babala sa mga sarili ninyo na huwag tahakin ang maling landas, na huwag lakaran ang landas ng mga huwad na lider at anticristo. Maaaring sinabi ninyo sa mga sarili ninyo na dapat ninyong bitiwang ang katayuan, at huwag magtrabaho para sa sarili ninyong kasikatan, pakinabang, o katayuan, o mapangunahan ng pagnanais habang nagtatrabaho kayo, at bagkus magtrabaho nang mabuti para magawa ninyo ang inyong mga tungkulin, at maging tapat sa Diyos. Gayumpaman, sa paglipas ng panahon, may mga taong hindi mapigilan ang sarili nila, at sa sandaling magsalita o kumilos sila, nagiging napakalinaw ng layon nila—agad nilang sinusubukang patatagin ang sarili nilang katayuan at kunin ang loob ng mga tao. Sa sandaling may magpakita ng kahit katiting na pahiwatig ng kawalang-kasiyahan o pagsuway, naiirita sila, at kahit na maaaring hindi nila hayagang inihihwalay o binabatikos ang taong iyon, sa kaibuturan ay nakakaramdam sila ng labis na pag-ayaw rito. Paano nila ipinapamalas ang damdaming ito ng pag-ayaw? (Hindi nila pinapansin ang taong iyon.) Ang hindi pagpansin dito ay isang tahimik na pagpapamalas, kaya anong mga espesipikong aksiyon ang kinapapalooban ng pag-ayaw na ito? Halimbawa, pinapaupo nila ang mga taong gusto nila nang nakaharap sa kanila sa mga pagtitipon, at humahanap sila ng dahilan para paupuin ang mga taong ayaw nila sa gilid. Pag-atake ba ito? (Oo.) Ito ang simula ng pag-atake nila. Kumikilos na sila, hindi ba? (Oo.) Mas seryoso at malubha ang mga gawa kaysa sa mga salita o kaisipan. Bakit mas malubha ang mga ito? Ang pag-iisip ng isang bagay pero hindi ito ginagawa—galing ito sa isipan at mga kaisipan ng isang tao. Pero sa sandaling may gawa na, nagiging katunayan na ito. Kapag naging pag-uugali na ito, hindi na lang ito tiwaling disposisyon ni Satanas kundi isang masamang gawa. Matapos na ang mga tao ay mapiling mga lider, dinadala nila ang mga sarili nilang hiling, ambisyon, at mga adhikain sa gawaing ginagawa nila at sa mga tungkuling ginagampanan nila. Pero ano ang iisang pagpapamalas na mayroon ang lahat ng taong nagtataglay ng tiwaling disposisyon ni Satanas? Ano ang pagkakapare-pareho nilang lahat? Sinusubukan nilang agawin ang kapangyarihan at patatagin ang sarili nilang katayuan. Sa anong paraan nila sinusubukang mang-agaw ng kapangyarihan? Una, inoobserbahan nila sa mga grupo kung sino ang mga sumisipsip at nakikipaglapit sa kanila. Pagkatapos, aktibo silang nakikipaglapit sa mga taong iyon, at, sa pamamagitan man ng pambobola o pag-aalok ng maliliit na pabor, gumagawa sila ng mga palihim na koneksiyon at kinukuha ang loob ng mga ito, para ang mga taong ito—na may mga kapareho nilang kagustuhan, interes, at matitinding ambisyon, o mga parehong kalikasan—ay maging masusugid nilang tagasunod, at makipag-isa sa kanila. At ano ang layon nila sa paghikayat sa mga taong ito na makipag-isa sa kanila? Ang patatagin ang katayuan nila at palawakin ang saklaw ng kanilang mga puwersa. Sa sandaling magkamit sila ng kapangyarihan, hindi lang ito usapin ng pagkakaroon nila ng huling

salita, at iyon na iyon—gusto rin nilang makakalap ng mas maraming tao para sumunod sa kanila, sumuporta sa kanila, at magsalita para sa kanila, para kahit na may sabihin silang mali, may gawing mga masamang bagay, o atakihin at paghigpitan ang mga tao, magkakaroon pa rin ng mga taong gagawin ang sinasabi nila at sasang-ayunan sila. Ito ang layon nila. Pagkatapos, kung matuklasan ng ang Itaas ang mga problema nila at tanggalin sila isang araw, magkakaroon pa rin ng mga tao na gagawin ang lahat para magsalita para sa kanila, na magtatanggol sa kanila, at susubukang protektahan ang reputasyon nila. At anong paraan ang ginagamit nila para sa mga gawa nilang ito para makamit ang ganitong uri ng resulta? Ang kunin ang loob ng mga tao. Ginagamit nila ang paraan ng pagkuha sa loob ng mga tao para patatagin ang katayuan nila at palawakin ang saklaw ng kanilang mga puwersa. Isa ito sa mga paraan ng pang-aagaw ng kapangyarihan ng mga anticristo.

Pagdating sa mga diskarte na ginagamit ng mga anticristo para patatagin ang katayuan nila, ang una ay ang kunin ang loob ng mga tao at ang ikalawa ay ang batikusin at ihiwalay ang mga hindi sumasang-ayon. Ang kunin ang loob ng mga tao ay nangangahulugang ginagamit nila ang paraan ng pagkuha sa loob ng mga taong sumisipsip sa kanila, nakikipaglapit sa kanila, nagtitiwala sa kanila, at sumusunod sa kanila, tama man sila o mali. Ang pagbatikos at paghihiwalay sa mga hindi sumasang-ayon ay nangangahulugang itinuturing nilang mga kaaway ang lahat ng nakakaunawa sa katotohanan, at nakakakilatis sa kanila dahil dito, tumatangging sumunod sa kanila, at umiiwas sa kanila. Itinuturing nila ang mga taong ito bilang mga pako sa mga mata nila at mga tinik sa kanilang tagiliran, at ang teknik na ginagamit nila sa mga taong ito ay ang atakihin at ibukod ang mga ito. Halimbawa, sabihin nating napapansin ng isang anticristo na sa tuwing nagbabahaginan sila, napakasigla ng mga tao, na ang ilan ay nagtatala o nagre-record ng mga ito sa isang tape recorder. Mayroon lang isang batang kapatid na babae na hindi kailanman nagtatala o nagsasalita. Kaya, iniisip niya sa sarili niya: “May problema ba siya sa akin? O sa tingin ba niya ay hindi ako mahusay magbahagi? Bukod pa rito, sa tuwing darating ako, binabati ako ng ibang mga tao at tinatanguan sa magiliw na paraan, binibigyan ako ng tubig at inaalok ng upuan, pero hindi niya ako kailanman tinrato nang ganoon. Para bang hindi siya sumusuko sa akin—kailangan kong mag-isip ng paraan at maghanap ng pagkakataon para turuan siya ng leksiyon! Anong uri ng pagkakataon ang dapat kong hanapin? Isasaayos kong asikasuhin niya ang isang bagay na tiyak na hindi niya magagawa nang maayos—mabibigyan ako noon ng dahilan para sermunan siya. Ito ang pinakamaganda kong pagkakataon para mahikayat siyang sumuko sa akin.” Pagkatapos, isinaayos niyang pagtrabahuin ang kapatid na ito sa isang lugar na mapanganib. Iniisip niya: “Papapuntahin ko siya para mangaral ng ebanghelyo sa isang matandang pastor ng isang relihiyon, isang taong medyo malaswa at hindi tumatanggap sa katotohanan. Tingnan natin kung kaya niya itong mapagbalik-loob. Paano niya maipagtatanggol ang sarili niya kung hindi niya kaya? Kung hindi siya susuko sa akin, ipapatapon ko siya sa malayo!” Pagkatapos, magpapatuloy siya para sabihin dito: “Sa ngayon, napakataas ng

tingin sa iyo ng karamihan sa mga kapatid. Maraming taon ka nang nananampalataya sa diyos, at maraming katotohanan ang nauunawaan mo. May isang relihiyosong pastor na maraming alam sa Bibliya, at ikaw ang pinakaakmang pumunta para mangaral ng ebanghelyo sa kanya.” Nang makatagpo ng sister ang pastor, nakikita ng pastor na bata at maganda ito, at nagugustuhan niya ito—binabastos pa nga niya ito. Pagbalik ng sister, sasabihin nito na ayaw na niyang muling bumalik, na sasagutin ng anticristo: “Itinalaga ka ng iglesia para ipangaral ang ebanghelyo sa kanya. Tungkulin mo ito, dapat kang pumunta!” Pagkarinig nito, wala nang magagawa ang sister kundi sumunod, at bunga nito umiiyak siya pagkatapos ng bawat pagbisita. May kakayahan ang lider na ito na gawin ang ganoong mga bagay para atakihin at paghigantihan ang iba. Anong uri ng tao ito? Isang masamang tao. Kung babae siya, pupunta ba siya sa ganitong uri ng sitwasyon? (Hindi.) Talagang hindi. Liwasan niya ito higit kaninuman. Nakikita niya kung sino ang hindi niya kinatutuwaan, kung sino ang madaling pagdiskitahan, kung sino ang hindi sumusuko sa kanya at hindi sumisipsip sa kanya, at pagkatapos ay naghahanap siya ng mga pagkakataon para magpakana laban sa mga taong ito at maghiganti sa kanila. Sabihin ninyo sa Akin, kapag may masama at buktot na intensyon ang isang tao, hindi ba’t kaya niyang gawin ang lahat ng uri ng nakakapangilabot na bagay? At paano nangyayari ang masasama at buktot na intensyong ito? Isa sa mga pangunahing dahilan ay masyadong masama at mapaminsala ang kanyang kalikasang diwa, at ang isa pa ay wala siyang may-takot-sa-Diyos na puso. Kapag hindi nagtataglay ang mga tao ng may-takot-sa-Diyos na puso, walang bagay na hindi nila pinangangahasang gawin; hindi lang nila sasaktan ang ibang tao, kaya pa nga nilang gumawa ng mga bagay na tulad ng panghuhusga at pagkakanulo sa Diyos—ang pananakit sa mga tao ay napakadali lang para sa kanila. Hindi nila iisiping malaking bagay iyon gaano pa man nila saktan ang ibang tao; wala silang simpatiya para sa iba at napakamapaminsala nila sa kaibuturan. At ano ang layon ng anticristong ito noong itinulak niya ang batang sister na ito sa naglalagablab na hukay? Hindi niya ito ginawa para ipangaral ang ebanghelyo at magkamit ng mga tao; ito ay para lang pahirapan ang batang sister. Anong uri ng mga tao ang pinapahirapan niya? Kung isa itong taong tumatalima sa kanya at sumusunod sa kanya, pahihirapan niya ba ito? Hindi, hindi niya gagawin. Kaya bakit naging ganoon ang pagtrato sa kapatid na ito? (Dahil hindi ito sumuko sa kanya.) Dahil hindi ito sumuko sa kanya, hindi sumipsip sa kanya, hindi ginawa ang sinabi niya, o tinrato siya bilang mahalaga, bagkus ay hinamak siya, tinrato niya ito nang ganito at nasaktan ito bilang resulta. Kapag sinasaktan ng mga anticristo ang mga tao sa ganitong paraan, paano karaniwang tumutugon ang mga taong mababa ang tayog at hindi nakakaunawa sa katotohanan? Iisipin nila sa kanilang sarili: “Mas may kontrol ang mga lokal na opisyal kaysa sa mga opisyal ng estado. Sa ngayon, nasa ilalim tayo ng kontrol ng taong ito, kaya dapat nating gawin ang sinasabi niya at dapat tayong pumunta saan man niya sabihing pumunta tayo. Paano man kumikilos ang ibang mga tao ukol sa kanya, ganoon din tayo dapat kumilos sa kanya. Dapat tayong makiisa sa grupo. Dapat tayong sumipsip

sa kanya gaya ng ginagawa ng ibang mga tao, at dapat gawin natin ito nang mas mabuti at mas mataman kaysa sa iba. Saka lang tayo tatantanan ng lider na ito. Hindi madaling pagserbisyuhan ang lider na ito—hindi natin siya dapat kalabanin!” At hindi ba’t ito mismo ang kinalabasang gustong makita ng anticristo? (Oo.) Dito, nakamit na niya ang layon niya. Hindi ba’t pareho rin ito sa teknik na ginagamit ni Satanas para mang-abuso ng mga tao? (Ganoon nga.) Ano ang ipinapakita nito? Na kumakatawan kay Satanas ang mga aksiyon nila. Naging daluyan at kinatawan na sila ni Satanas; kumikilos sila sa ngalan nito. Ang paggawa ba ng tungkulin sa ganoong paraan ang tunay na paggampan sa isang tungkulin? Paglilingkod ba ito sa Diyos? (Hindi.) Ang ganoong mga lider ay hindi nararapat na tawaging mga lider—masasamang tao sila at mga Satanas.

Sa sandaling maging mga lider ang mga anticristo, ang unang bagay na ginagawa nila ay subukang kunin ang loob ng mga tao, ginagawa ang mga tao na maniwala, magtiwala at sumuporta sa kanila. Kapag sigurado na ang kanilang katayuan, nagsisimula na silang hindi maging normal. Para protektahan ang katayuan at kapangyarihan nila, sinisimulan nilang batikusin at ihiwalay ang mga hindi sumasang-ayon. Sa mga sumasalungat—partikular sa mga taong naghahangad sa katotohanan—susubukan nila ang anumang bagay, gumagamit ng matatag, eksakto at malupit na mga pamamaraan para supilin at atakihin ang mga ito, para pahirapan ang mga ito. Mapapanatag lang sila kapag napabagsak at napasama na nila ang sinumang nagbabanta sa katayuan nila. Ganito ang bawat anticristo. Ano ang layon nila sa paggamit ng di-mabilang na mga taktikang ito para kunin ang loob at supilin ang mga tao? Ang layon nila ay ang magkamit ng kapangyarihan, ang mapatatag ang kanilang katayuan, ang mailihis at makontrol ang mga tao. Ano ang kinakatawan ng mga intensyon at motibo nila? Gusto nilang magtatag ng sarili nilang independiyenteng kaharian, gusto nilang tumindig laban sa Diyos. Mas malala pa ang ganitong diwa kaysa sa tiwaling disposisyon: Lubusan nang nalantad ang walang kontrol na mga ambisyon at mga taksil na pakana ni Satanas. Hindi lamang ito problema ng pagbubunyag ng tiwaling disposisyon. Halimbawa, kapag medyo mayabang at mapagmagaling ang mga tao, o kung minsan ay medyo mapanlinlang at nagsisinungaling, mga pagbubunyag lang ang mga ito ng isang tiwaling disposisyon. Samantala, ang lahat ng ginagawa ng mga anticristo ay para kunin ang loob ng mga tao, para batikusin at ihiwalay ang mga hindi sumasang-ayon, patatagin ang kanilang katayuan, agawin ang kapangyarihan, at kontrolin ang mga tao. Ano ang diwa ng mga aksiyong ito? Isinasagawa ba nila ang katotohanan? Inaakay ba nila ang hinirang na mga tao ng Diyos sa pagpasok sa mga salita ng Diyos at pagharap sa Diyos? (Hindi.) Kung gayon ano ang ginagawa nila? Nakikipagkompetensiya sila sa Diyos para sa Kanyang hinirang na mga tao, nakikipagpaligsahan para sa puso ng mga tao, at sinusubukang magtatag ng sarili nilang independiyenteng kaharian. Sino ang dapat na may puwang sa puso ng mga tao? Ang Diyos ang dapat na may puwang. Pero talagang kabaligtaran nito ang lahat ng ginagawa ng mga anticristo. Hindi nila pinapayagan ang Diyos o ang katotohanan na magkaroon ng puwang sa puso ng mga tao; sa halip, gusto

nila ang tao, sila bilang lider, at si Satanas ang magkaroon ng puwang sa puso ng mga tao. Sa sandaling matuklasan nilang wala silang puwang sa puso ng isang tao, na hindi sila tinatratong lider ng taong ito, labis na sumasama ang loob nila, at malamang na susubukan nilang supilin at pahirapan ito. Ang lahat ng ginagawa at sinasabi ng mga anticristo ay umiikot sa katayuan at reputasyon nila, at nilalayon nitong maging mataas ang tingin ng mga tao sa kanila, para kainggitan at sambahin sila ng mga tao—para katakutan pa nga sila ng mga tao. Gusto nilang itrato sila ng hinirang na mga tao ng Diyos na parang ang Diyos, iniisip na, “Saang iglesia man ako kabilang, dapat makinig sa akin ang mga tao, dapat silang kumilos batay sa mga pahiwatig ko. Sinuman ang mag-ulat sa ang itaas ng kung anong problema, dapat itong dumaan sa akin, pinapayagan lang silang gumawa ng mga ulat sa akin, at hindi direkta sa ang itaas. Kung may sinumang ‘humindi’ sa akin, paparusahan ko siya, para makaramdam ng takot, pangamba, at kilabot sa kanilang puso ang lahat ng makakakita sa akin. Higit pa rito, kung magbigay ako ng utos o igiit ko ang isang bagay, walang dapat mangahas na tumutol; anuman ang sabihin ko, dapat umayon dito ang mga tao. Dapat silang lubusang makinig sa akin, dapat nila akong sundin sa lahat ng bagay, at ako dapat ang nagdedesisyon doon.” Ito mismo ang tono ng pananalita ng mga anticristo, ito ang boses ng mga anticristo, ganito sinusubukang pagharian ng mga anticristo ang mga iglesia. Kung ginagawa ng hinirang na mga tao ng Diyos ang sinasabi nila at sinusunod sila ng mga ito, hindi ba’t nagiging mga kaharian ng mga anticristo ang ganitong mga iglesia? Sinasabi nila, “Kailangan kong suriing mabuti ang mga pagsasaayos ng gawain na ibinigay ng ang itaas, dapat kong akuin ang pananagutan para sa inyo, ako dapat ang sumusuri sa tama at mali, ako dapat ang magpapasya sa magiging kinalabasan. Hindi sapat ang tayog ninyo, at hindi sapat ang kalipikasyon ninyo. Ako ang lider ng iglesia at ako ang namamahala sa lahat.” Hindi ba’t labis na hambog ang mga taong nagsasabi ng mga bagay na ito? Talagang napakayabang nila na wala silang anumang katwiran! Hindi ba’t sinusubukan nilang magtatag ng sarili nilang independiyenteng kaharian? Anong uri ng mga tao ang malamang na sumubok na lumikha ng sarili nilang kaharian? Hindi ba’t mga tunay silang anticristo? Hindi ba’t ang lahat ng sinasabi at ginagawa ng mga anticristo ay para protektahan ang sarili nilang katayuan? Hindi ba nila sinusubukang ilihis at kontrolin ang mga tao? Bakit sila tinawag na mga anticristo? Ano ang ibig sabihin ng “anti”? Ang ibig sabihin nito ay pagkamapanlaban at pagkamuhi. Nangangahulugan ito ng pagkamapanlaban kay Cristo, pagkamapanlaban sa katotohanan, at pagkamapanlaban sa Diyos. Ano ang ibig sabihin ng “pagkamapanlaban”? Nangangahulugan itong pagtindig sa kabilang panig, pagtrato sa iyo na parang kaaway, na para bang punong-puno ng napakalaki at malalim na pagkamuhi ang isang tao; nangangahulugan itong maging nasa lubos na pagsalungat sa iyo. Ganito ang mentalidad ng mga anticristo sa pagtrato sa Diyos. Anong saloobin sa katotohanan ang mayroon ang ganitong mga tao na namumuhi sa Diyos? Nagagawa ba nilang mahalin ang katotohanan? Nagagawa ba nilang tanggapin ang katotohanan? Talagang hindi. Samakatwid, ang mga taong tumitindig bilang salungat

sa Diyos ay mga taong namumuhi sa katotohanan. Ang numero unong bagay na makikita sa kanila ay pagtutol at pagkamuhi sa katotohanan. Sa sandaling marinig nila ang katotohanan o ang mga salita ng Diyos, may pagkamuhi sa puso nila, at kapag binabasa ng sinuman ang mga salita ng Diyos sa kanila, lilitaw sa mga mukha nila ang pagpapahayag ng galit at pagngangalit, gaya ng kapag binabasa ang mga salita ng Diyos sa isang demonyo kapag nangangaral ng ebanghelyo ang mga tao. Sa puso nila, ang mga taong tutol sa katotohanan at namumuhi sa katotohanan ang nakakaramdam ng pinakamatinding pagtutol sa mga salita ng Diyos at sa katotohanan, ang sa kanila ay saloobin ng paglaban, at umaabot pa nga sila hanggang sa kamuhian ang sinumang nagbabasa ng mga salita ng Diyos sa kanila o nagbabahagi ng katotohanan sa kanila, tinatrato pa nga nilang kaaway ang taong iyon. Nakakaramdam sila ng matinding pagtutol sa iba't ibang katotohanan, at sa mga positibong bagay. Ang lahat ng katotohanan gaya ng pagpapasakop sa Diyos, tapat na paggawa ng mga tungkulin ng isang tao, pagiging matapat na tao, paghahanap sa katotohanan sa lahat ng bagay, at iba pa—may kaunti ba silang subhetibong paghahangad o pagmamahal? Wala, wala ni katiting. Samakatwid, dahil ganito ang kalikasang diwa nila, tumatayo na sila sa direktang pagsalungat sa Diyos at sa katotohanan. Walang duda, sa kaibuturan, hindi minamahal ng ganitong mga tao ang katotohanan o anumang positibong bagay; sa kaibuturan, nararamdaman pa nga nilang tutol sila sa katotohanan at namumuhi sila rito. Halimbawa, kailangang magawa ng mga taong nasa posisyon ng pamumuno na tanggapin ang magkakaibang opinyon ng mga kapatid nila, dapat nilang magawang buksan ang kanilang sarili at ihayag ang kanilang sarili sa mga kapatid, at magawang tanggapin ang pamumuna ng mga ito, at hindi nila dapat igiit ang kanilang katayuan. Ano ang sasabihin ng isang anticristo sa lahat ng wastong paraang ito ng pagsasagawa? Sasabihin nila, “Kung nakinig ako sa opinyon ng mga kapatid, magiging lider pa rin ba ako? Magkakaroon pa rin ba ako ng katayuan at prestihiyo? Kung wala akong prestihiyo, anong gawain ang magagawa ko?” Ito mismo ang uri ng disposisyong tinataglay ng isang anticristo; hindi niya tinatanggap ang katotohanan kahit pa sa pinakamaliit na paraan, at kapag mas tama ang paraan ng pagsasagawa, lalo niya itong nilalabanan. Hindi niya tinatanggap na ang pagkilos ayon sa prinsipyo ay pagsasagawa ng katotohanan. Ano ba sa tingin niya ang pagsasagawa ng katotohanan? Sa palagay niya ay kailangan niyang gumamit ng pagbabalak, mga panlilinlang, at karahasan sa lahat, sa halip na sumandig sa mga salita ng Diyos, sa katotohanan, at sa pagmamahal. Ang bawat paraan at landas niya ay buktot. Ang lahat ng ito ay ganap na kumakatawan sa kalikasang diwa ng mga anticristo. Ang mga motibo, opinyon, pananaw, at intensyong madalas nilang inilalantad ay mga disposisyon lahat ng pagtutol at pagkamuhi sa katotohanan, na siyang kalikasang diwa ng mga anticristo. Ano, kung gayon, ang ibig sabihin ng pagtindig bilang pagsalungat sa katotohanan at sa Diyos? Nangangahulugan itong pagkamuhi sa katotohanan at mga positibong bagay. Halimbawa, kapag may nagsabi, “Bilang isang nilikha, dapat tuparin ng isang tao ang tungkulin ng isang nilikha. Anuman ang maaaring sabihin ng Diyos, dapat magpasakop

ang mga tao, dahil mga nilikha tayo,” paano mag-isip ang isang anticristo? “Magpasakop? Hindi mali na isa akong nilikha, pero pagdating sa pagpapasakop, depende iyan sa sitwasyon. Una sa lahat, dapat may ilang benepisyo ryan para sa akin, hindi ako dapat maagrabyado, at dapat mauna ang mga interes ko. Kung may mga gantimpala o malalaking biyaya na makakamit, kaya kong magpasakop, pero kung walang mga gantimpala at walang destinasyon, bakit dapat akong magpasakop? Hindi ko kayang magpasakop.” Isa itong saloobin ng hindi pagtanggap sa katotohanan. Ang pagpapasakop nila sa Diyos ay may kondisyon, at kung hindi matugunan ang mga kondisyon nila, hindi lang sa hindi sila magpapasakop, malamang din na tututol at lalaban sila sa Diyos. Halimbawa, hinihingi ng Diyos na maging matapat ang mga tao, pero naniniwala ang mga anticristong ito na tanging mga hangal lang ang sumusubok na maging matapat, at na hindi sinusubukan ng matatalinong tao na maging matapat. Ano ang diwa ng ganoong saloobin? Pagkamuhi ito sa katotohanan. Ganoon ang diwa ng mga anticristo, at itinatakda ng diwa nila ang landas na lalakaran nila, at itinatakda ng landas na nilalakaran nila ang lahat ng ginagawa nila. Kapag tinataglay ng mga anticristo ang kalikasang diwa ng pagkamuhi sa katotohanan at sa Diyos, anong uri ng mga bagay ang malamang na gawin nila? Malamang na subukan nilang kunin ang loob ng mga tao, batikusin at ihiwalay ang mga hindi sumasang-ayon, at pahirapan ang mga tao. Ang intensyong sinusubukan nilang makamit sa paggawa ng mga bagay na ito ay ang humawak ng kapangyarihan, kontrolin ang mga hinirang ng Diyos, at magtatag ng sarili nilang independiyenteng kaharian. Dito ay walang duda. Ang sinumang tao na, kapag may katayuan na siya, ay walang kakayahang lubusang magpasakop sa Diyos, at hindi magawang sumunod sa Diyos o hangarin ang katotohanan, ay isang anticristo.

Anong uri ng mga bagay ang ginagawa ng mga anticristo habang ginagawa ang tungkulin ng mga lider? Katatapos lang nating pag-usapan ang tungkol sa kung paano nila sinusubukang kunin ang loob ng mga tao at pati na rin batikusin at ihiwalay ang mga hindi sumasang-ayon, pero may isa pang karaniwang pagpapamalas ang mga anticristo—ano ang saloobin nila sa mga naghahangad sa katotohanan? (Pagkamuhi.) At ano ang ginagawa nila dahil doon? Kinamumuhian lang ba nila ang mga taong iyon, at iyon na iyon? Hindi, naghahanap sila ng mga paraan para ibukod at pigilan ang mga ito. Binabatikos at inihhiwalay nila ang mga hindi sumasang-ayon. Ang mga hindi sumasang-ayon na ito ay posibleng mga taong medyo naguguluhan, hindi marunong sumipsip sa iba o gumamit ng mga pilosopiya para sa mga makamundong pakikitungo. Puwede ring mga tao silang medyo masigasig at medyo naghahangad ng katotohanan. Kaya, ano ang ikatlong teknik ng mga anticristo? Inihhiwalay at binabatikos nila ang mga naghahangad sa katotohanan. At may isa pa rin: Sinusubukan nilang makakuha ng puwang sa puso ng mga tao para sa sarili nila. Ano ang tawag dito? (Pagsakop sa puso ng mga tao.) Ito ang sinusubukan nilang maisakatuparan. Anong mga paraan ang ginagamit nila para gawin ito? (Itinataas at pinatotohanan nila ang kanilang sarili.) At ano ang pakay ng mga anticristo sa pagtataas at pagpapatotoo sa kanilang sarili? Ito ay para sakupin ang puso

ng mga tao at kontrolin sila. Anong uri ng mga bagay ang karaniwang pinag-uusapan ng mga tao kapag itinataas at pinatotohanan nila ang kanilang sarili? Ang isang bagay ay ang pag-usapan ang tungkol sa kanilang mga kalipikasyon. Halimbawa, pinag-uusapan ng ilang tao kung paano nila pinatuloy sa bahay ang ilang matataas na lider sa iglesia. May ilan pa ngang nagsasabi, “Ang Diyos Mismo ang pinatuloy ko, at napakabait Niya sa akin—tiyak na ako ay gagawing perpekto.” Ano ang ibig nilang sabihin dito? (Sinusubukan nilang maging mataas ang tingin sa kanila ng mga tao.) May pakay sila sa pagsasabi ng ganitong mga bagay. Sinasabi ng iba, “Nakasalamuha ko ang ang Itaas, medyo mataas ang tingin nila sa akin, at hinimok nila akong magsikap sa paghahangad ko.” Ang totoo, walang sinumang may ideya kung ano ang tingin sa kanila ng ang Itaas. May mga tao talagang pinapalaki ang mga bagay-bagay, at minsan ay nag-iimbento pa ng mga bagay. Hindi nila malalaman ang gagawin kung may isang grupo ng mga taong nagsama-sama para beripikahin at suriin ang kanilang mga kuwento. Maaaring sabihin ng ang Itaas sa isang tao, “Mahusay ang kakayahan mo at may kakayahan kang makaarok. Dapat kang magsanay na isulat ang patotoo mong batay sa karanasan. Kapag may buhay karanasan ka na, puwede kang maging lider.” Ano ang implikasyon dito? Kahit na talentado ang taong ito, kailangan pa rin niyang magsanay at maranasan ang mga bagay-bagay nang ilang panahon. Kapag nagmalaki at nagyabang ang taong iyon bago pa makapagsanay o magkaroon ng karanasan, ano ang kalikasan nito? Mapagmataas at palalo siya, at nawala na siya sa katwiran, hindi ba? Kahit na sabihin ng Itaas na Brother na nagtataglay ng kakayahan ang taong ito at na talentado siya, panghihikayat lang ito sa kanya o pagbibigay sa kanya ng ebalwasyon. Ano ang pakay ng taong iyon sa pag-iikot at pagyayabang nang ganito? Ito ay para maging mataas ang tingin sa kanya ng mga tao, para sambahin siya ng iba. Ang sinasabi niya ay, “Tingnan mo—mataas ang tingin sa akin ng Itaas na Brother, kaya bakit ikaw ay hindi? Ngayong sinabi ko na sa iyo ito, dapat mataas na rin ang tingin mo sa akin.” Ito ang pakay na gusto nilang makamit. May mga nagsasabi rin, “Dati akong lider. Lider ako ng isang rehiyon, isang distrito, isang iglesia—patuloy akong bumaba nang bumaba sa hagdan, at umakyat nang umakyat ng mga baitang—ilang beses na akong itinaas at ibinaba ng posisyon. Kalaunan, naantig ang Langit sa sinseridad ko, at ngayon, isa na naman akong mataas-na-antas na lider. At hindi ako kailanman naging negatibo.” Kapag tinanong mo sila kung bakit hindi sila kailanman nakaramdam ng pagiging negatibo, sasagot sila, “May pananalig akong sa kalaunan, ang tunay na ginto ay nakatadhanang kuminang.” Ito ang naging kongklusyon nila. Ito ba ang katotohanang realidad? (Hindi.) Kung gayon ano ito, kung hindi ito ang katotohanang realidad? Isa itong kakaibang teorya; puwede rin nating sabihing isa itong maling paniniwala. Ano ang posibleng kahihinatnan ng pagsasalita nila nang ganito? Maaaring sabihin ng ilang tao, “Talagang hinahangad ng taong ito ang katotohanan. Hindi siya naging negatibo matapos itaas at ibaba ang kanyang posisyon nang maraming beses. At ngayon, ginawa na siyang lider ulit—talagang kumikinang nga ang tunay na ginto. Kaunting panahon na lang bago siya magawang perpekto.” Hindi ba’t ito ang nilalayon ng taong ito? Ang totoo, ito mismo ang nilalayon niya.

Paano man nagsasalita ang mga anticristo, iyon ay laging para maging mataas ang tingin sa kanila at sambahin sila ng mga tao, para sumakop sila ng isang partikular na puwang sa puso ng mga ito, at pumalit pa nga sa lugar ng Diyos doon—ito ang lahat ng layong nais makamtan ng mga anticristo kapag nagpapatotoo sila tungkol sa kanilang sarili. Kapag ang nag-uudyok sa sinasabi, ipinapangaral, at ibinabahagi ng mga tao ay para maging mataas ang tingin sa kanila at sambahin sila ng iba, ang gayong pag-uugali ay pagtataas at pagpapatotoo sa kanilang sarili, ginagawa ito para magkaroon sila ng puwang sa puso ng iba. Bagama't hindi lubos na pare-pareho ang mga paraan ng pagsasalita ng mga taong ito, humigit-kumulang, ang nagiging epekto ay na pinapatotohanan nito ang kanilang sarili at pinasasamba sa kanila ang iba. Sa magkakaibang antas, ang ganoong mga pag-uugali ay umiiral sa halos lahat ng lider at manggagawa. Kung umabot sila sa isang partikular na punto, ang punto kung saan hindi nila mapigil ang kanilang sarili at nahihirapan silang pigilan ang mga sarili nila, at may kinikimkim silang isang partikular na malakas at malinaw na intensyon at layon, gustong hikayatin ang mga tao na ituring silang parang sila ay Diyos o isang diyos-diyosan, at dahil doon ay makamtan nila ang layon nilang limitahan at kontrolin ang iba, at mahikayat ang ibang tao na sundin at sambahin sila, ang esensiyal na katangian ng lahat ng ito, kung gayon, ay pagtataas at pagpapatotoo tungkol sa kanilang sarili, at may kalikasan ng mga anticristo rito. Anong kaparaanan ang karaniwang ginagamit ng mga tao para itaas at patotohanan ang kanilang sarili? (Pinag-uusapan nila ang tungkol sa kapital.) Ano ang kabilang sa pag-uusap tungkol sa kapital? Pag-uusap kung gaano katagal na silang nananampalataya sa Diyos, gaano na sila nagdusa, gaano kalaki na ang naisakripisyo nila, gaano karaming trabaho na ang kanilang nagawa, gaano kalayo na ang kanilang nalakbay, pati na rin kung ilang tao na ang kanilang nakamit at gaano kalaking kahihyan na ang kanilang natiis sa pamamagitan ng pangangaral ng ebanghelyo. Madalas ding talakayin ng ilang tao kung ilang beses na silang naaresto at nabilanggo nang hindi ipinagkakanulo ang iglesia o ang mga kapatid, naninindigan sa kanilang patotoo, at iba pa; nabibilang ang lahat ng bagay na ito sa pagtalakay tungkol sa kapital. Sa pagkukunwaring paggawa sa gawain ng iglesia, nagsasagawa sila ng sarili nilang proyekto, pinatitibay nila ang kanilang katayuan, nagtatatag sila ng mabuting impresyon ng sarili nila sa puso ng mga tao. Kasabay nito, ginagamit nila ang lahat ng pamamaraan at panloloko para makuha ang loob ng mga tao, umaabot pa nga sa sukdulang inaatake at ibinubukod nila ang sinumang may ibang mga pananaw kaysa sa kanila, partikular na, ginagawa nila ang lahat ng kanilang makakaya para ibukod at supilin ang mga naghahangad ng katotohanan at mahigpit na sumusunod sa mga prinsipyo. At tungkol naman sa mga taong hangal at ignorante, at lito sa kanilang pananalig, gayundin iyong mga nananampalataya pa lamang sa Diyos sa loob ng maikling panahon, at iyong mga may mababang tayog, anong mga pamamaraan ang ginagamit nila sa mga taong ito? Nililihis, ineengganyo at binabantaan pa nila ang mga iyon, gamit ang mga estratehiyang ito para makamtan ang kanilang layon na patibayin ang kanilang katayuan. Taktikang lahat ito ng mga anticristo.

Madalas mangyari ang uri ng bagay na ito sa mga iglesia: Nakikinig ang ilang kapatid sa mga sermon at pagbabahaginan kung saan sinasabi ng ang Itaas na kung ang isang lider o manggagawa ay gumagawa ng isang bagay na labag sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, mayroong karapatan ang mga hinirang ng Diyos na isumbong ito. Matapos marinig ito at makilatis na nagtatrabaho ang isang lider sa kanilang iglesia sa isang paraan na hindi naaayon sa mga pagsasaayos ng gawain, magpapasya ang ilan sa kanila na gusto nilang isumbong ang lider. Pagkatapos, matutuklasan ng lider ang tungkol dito, at iniisip niya sa kanyang sarili, “Lumalabas na may mga tao pa ring mapangahas na isumbong ako. Ang kapal ng mukha nila! Sino ang mga taong ito?” Kasunod nito, nag-iimbestiga siya sa bawat isa sa ilang dosenang miyembro ng iglesia. Hanggang saan siya umaabot sa pag-iimbestigang ito? Tinitingnan niya ang edad ng bawat isa, gaano katagal na sila nananampalataya sa Diyos, anong mga tungkulin na ang nagampanan nila noon, ano ang kasalukuyan nilang mga tungkulin, sino ang mga nakakaugnayan nila, magagawa ba nilang makipag-ugnayan sa ang Itaas o hindi, at iba pa. Tinitingnan niya ang lahat ng ito, pinaghihirapan ito nang husto. Kapag natapos na ang kanyang masusing pag-iimbestiga, matutuklasan niya na mukhang kahina-hinala ang dalawa o tatlong tao, kaya sa susunod na pagtitipon, magbibigay ng sermon ang lider na partikular na pumupuntirya sa bagay na ito. Sasabihin niya, “Kailangang magkaroon ng konsensiya ang mga tao. Sa pananalig mo sa diyos, sino na ang umakay sa iyo hanggang ngayon? Nauunawaan mo na ngayon ang napakaraming katotohanan; kung hindi ako nagdaos ng mga pagtitipon at pagbabahaginan kasama mo, mauunawaan mo ba ang mga katotohanang ito? Nagpapasok na ang ating iglesia ng napakaraming tao sa pamamagitan ng pangangaral ng ebanghelyo sa kanila, at napakalaki na ng iniunlad ng ating gawain ng ebanghelyo. Kung wala ako rito para pumatnubay, magagawa kaya ninyong ipasok ang sinuman? Sino ba ang kailangan ninyong pasalamat para sa lahat ng ito?” Pinag-iisipan itong mabuti ng ilang tao at iniisip nila, “Ang Diyos ang Siyang dapat kong pasalamat; ano na ang mga naiambag ng tao?” Ngunit nagpatuloy ang lider, na nagsasabing, “Kung hindi ko binitbit ang mga aklat na ito ng mga salita ng diyos para sa inyo, magagawa ba ninyong matamo ang mga ito? Kung hindi ako nag-organisa ng mga pagtitipon, magagawa ba ninyong magtipon-tipon? Kailangang magkaroon ng konsensiya ang mga tao! Kaya, kung mayroon kayong konsensiya, ano ang dapat ninyong gawin? Kapag paminsan-minsang nakakagawa ng maliit na pagkakamali ang lider mo, hindi mo ito dapat masinsinang imbestigahan. Sa pananamantala sa kanilang mga pagkukulang at pagtanging bitiwang ang mga ito, sinusubukan mo bang maghimagsik laban sa kanya? Kung may mangyaring maliit na bagay, dapat natin itong panloob na pangasiwaan. Ano ang punto ng paghahain ng isang ulat? Ang mga taong nag-uulat ng mga usapin ay walang kakayahan at mababa ang tayog. Naaangkop bang iulat ang lahat sa ang itaas? Paano magkakaroon ng oras ang ang itaas na lutasin ang ganoong mga problema? Kung dapat malutas ang mga ito, ang mga lider ng iglesia ang dapat lumutas sa mga ito. Hindi ba puwedeng pag-usapan ang mga bagay-bagay sa

likod ng mga saradong pinto? Kailangan mo bang iulat ang lahat sa ang itaas? Hindi ba't makakaabala lang ito sa ang itaas? Makinig ka, kung may iuulat ka sa akin, kalmado at mahinahon akong maghahanap ng solusyon nang hindi ka pinupungusan. Pero alam mo ba kung ano ang magiging saloobin ng ang itaas kung iuulat mo ito sa kanila? Hindi dapat biru-biruin ang ang itaas—para silang mga leon at agila. Makakaabot ba sa lebel nila ang mga taong may mababang tayog gaya natin? Walang magandang mangyayari sa pag-uulat mo ng problema sa ang itaas; tiyak na sasailalim ka sa pagpupungos. Maraming beses na itong nangyari sa akin; paano ito magagawang harapin ng isang taong kasingbaba ng tayog mo? Baka tumigil ka pa nga sa pananampalataya, at sino ang magpapasan ng mga kahihinatnan niyon? Kung gusto mong mag-ulat ng isang bagay, ikaw ang magpapasan ng mga kahihinatnan. Kapag dumating ang panahon at mapungusan ka at maging negatibo at mahina, huwag kang lumapit sa akin para sisihin ako. Kung gusto mong maghain ng ulat, hindi kita pipigilan. Sige at gawin mo ito; titingnan ko kung sino ang nag-uulat nito!” May sinuman bang mangangahas na maghain ng ulat kung nananakot ang lider na ito? (Wala.) Gusto ng ilang tao, pero masyado silang matatakot na mag-ulat. Hindi ba't walang silbi ang mga taong ito? Ano ang kinatatakutan nila? Paanong sobra silang natakot ng lider? Kahit na gusto pa silang pahirapan ng lider na iyon hanggang kamatayan, wala sa mga kamay ng lider na iyon ang kanilang buhay; paano mangangahas ang lider na iyon na pahirapan sila nang walang pahintulot ng Diyos? Pagkatapos ng ilang mapanakot na salita mula sa lider na iyon, may mga tao talagang masyadong matatakot para maghain ng ulat; iisipin nila sa kanilang sarili, “Hindi mahagilap ang Diyos. Haharapin ba ng ang Itaas ang lider kung maghahain ako ng ulat? Paano kung hindi nila gawin—gagantihan ba ako ng lider? Magagawa ko pa rin ba ang tungkulin ko nang normal? Hindi dapat ako maghain ng ulat kung gayon. Bukod pa rito, walang kinalaman sa akin ang usaping ito. Wala nang iba pang nag-ulat nito, kaya bakit ko ito dapat iulat?” Aatras sila, na hindi mangangahas na maghain ng ulat. Maaari bang magpakita ng awa ang isang anticristo sa ganoong mga tao? (Hindi.) Ano ang gagawin niya sa mga ito? Kapag natiyak na niya kung sino ang nagbabalak na iulat siya, kung sino ang hindi nakikiisa sa kanya, magsisimula siyang mag-isip: “Palagi kang hindi mapakali sa pagpapakana ng gulo; palagi mong gustong maglitanya ng matatayog na ideya, palagi kang nagbabalak na gumawa ng gulo, palaging gustong iulat ang mga isyu ko—sobra na ito! Naghahanap ka ng pagkakataong makausap ang ang itaas para maiulat mo ang sitwasyon ko sa kanila. Ngayon, umaatras ka, hindi ka nangangahas na gawin ito; pero malay natin, kung makahanap ka ng tamang pagkakataon, baka iulat mo pa rin ako. Naku, yari ka sa akin!” Kaya, hahanap ang anticristo ng mga pagdadahilan at pagkakataon para maliitin ang mga taong iyon, para kasuklaman sila ng mga kapatid. Pagkatapos ay mag-iisip sila ng lahat ng klase ng paraan para isiwalat ang mga pagkukulang ng mga ito, para gumawa ng gulo para sa kanila at dungisan ang kanilang mga reputasyon. At ano ang iisipin ng mga taong iyon sa kanilang sarili pagkatapos? “Kakila-kilabot ito! Sinuway ko ang lider, pikit-mata kong sinubukang iulat siya, at ngayon

pinagdurusa ako. Dapat kong tandaan ang leksiyong ito: Hindi ko talaga dapat pasamain ang loob ng lider! Sa ngayon, ang lider na ito ang siyang nasusunod. Kung sasabihin niyang ‘silangan,’ hindi ko puwedeng sabihing, ‘kanluran’; kung sasabihin niyang, ‘isa,’ hindi ko puwedeng sabihing, ‘dalawa.’ Dapat kong gawin ang anumang sabihin sa akin ng lider. Lubos na hindi ako dapat makipag-ugnayan sa ang Itaas para mag-ulat ng mga problema. Talagang malubha ito! Pinagdurusa ako ng lider, at hindi ito alam ng ang Itaas—sino ang titindig para sa akin? Gaya ng sinasabi nila, ‘Mas may kontrol ang mga lokal na opisyal kaysa sa mga opisyal ng estado!’” Naging negatibo na ang mga taong ito. Hindi sila naniniwalang naghahari ang katotohanan sa sambahayan ng Diyos, lalong hindi na may kataas-taasang kapangyarihan ang Diyos sa lahat ng bagay. Nasa puso pa rin ba nila ang Diyos? Hindi, wala sa puso nila ang Diyos. Wala silang tunay na pananalig sa Diyos, gusto nilang mag-ulat ng problema pero takot sila sa masamang taong iyon, wala silang pagkilatis sa masasamang puwersa o kung anuman, pinagdusa sila ng masamang taong iyon sa lugar kung saan sila may hawak na kapangyarihan, at sila ay naging mga walang silbi. Dati silang may kaunting pagpapahalaga sa katarungan, na isang kanais-nais na katangian, pero dahil hindi nila nauunawaan ang katotohanan at hindi nila alam kung paano kumilos ayon sa mga prinsipyo, dinurog sila ng masamang taong iyon, huwad na lider, at anticristo, sa puntong tuluyan na silang nawalan ng pananalig; hindi nila alam kung paano sumandig sa Diyos para hanapin ang katotohanan o kumilos batay sa karunungan. Ngayon naging takot at kimi sila kapag nakakakita sila ng anticristo. Gaano sila katakot? Iniisip nila, “Humahawak ng kapangyarihan ang masasamang tao sa mundong ito. Kahit nasaan man akong grupo, dapat akong maging maamo. Wala ako ng ganoong uri ng bangis at lakas ng loob, kaya saan man ako magpunta, dapat maluwag sa loob kong magtiis ng masamang pagtrato at maluwag sa loob na sumunod sa iba—dapat ko silang tratuhin na parang mga ninuno ko. Kung sasabihin nilang, ‘silangan,’ hindi ko puwedeng sabihing, ‘kanluran.’ Hindi ako puwedeng magsabi ng magkakaibang opinyon, hindi ako puwedeng maghain ng mga ulat tungkol sa mga isyu ng ibang tao, at hindi ako puwedeng makialam sa mga usapin sa buhay ng ibang tao. Puwede lang akong tumuon sa pananampalataya sa Diyos. Hindi ko dapat pasamain ang loob ng mga lider at manggagawa, itaguyod ang mga katotohanang prinsipyo, hangarin ang liwanag, o mahalín ang katarungan—walang liwanag o katarungan sa mundong ito. Tututok na lang ako sa pagtitiyaga hanggang sa huli, at aalalahanin saan man ako magpunta sa hinaharap na palaging unahing panatilihin ang kapayapaan!” Ito ang naabot nilang kongklusyon. Hindi ba’t ginapi sila ng anticristong iyon? (Oo.) Ano ang nagkukumpirma nito? Matapos masupil ng anticristong iyon, talagang nabaliw na sila sa takot, masyado silang takot magsalita o gumawa ng anumang bagay. Nawalan na sila ng tunay na pananalig at hindi na nila tapat na ginagawa ang mga tungkulin nila; sa puso nila, naapula na ang maliit na apoy ng kanilang pagmamahal para sa katarungan; tuluyan na silang natalo at nagapi ng anticristong iyon. Hindi ba’t mga wala silang silbi? Hindi ba’t mga duwag sila? (Oo.) Paano ninyo masasabi? Kung tatanungin

mo sila, “Kumusta si ganito-at-ganyan sa iglesia ninyo?” sasagot sila, “Puwede na.” Kung sasabihin mo, “At paano iyong bagong lider ng iglesia na pinili ninyong lahat; kilala mo ba siya?” sasagot sila, “Hindi ko siya masyadong kilala.” Kung tatanungin mo, “Kumusta ang buhay iglesia roon ngayon? May sinuman bang nagdudulot ng mga kaguluhan?” sasabihin nila, “Ayos naman, maganda naman ang takbo.” Anuman ang itanong mo sa kanila, isasagot lang nila ang kaunting salitang ito. Hindi ba’t dahil ito sa natakot na sila? Bakit ganito sila katakot? Ito ay dahil hindi nila alam ang katuwiran ng Diyos; hindi nila makilatis ang kabuktutan, kalupitan, kawalang-habag, at kadiliman ni Satanas; hindi nila alam kung ano ang ibig sabihin ng paghahari ng katotohanan, ni kung anong kahalagahan mayroon ito—at kaya natatakot sila. Samakatwid, anuman ang itanong mo, ang sagot nila ay magiging hindi tiyak at malabo; hindi ka makakakuha ng sagot tungkol sa kung ano talaga ang nangyayari sa iglesia mula sa kanila, o malalaman kung ano talaga ang iniisip nila sa kaibuturan. Labis nilang ikinukubli ang sarili nila, na hindi ka na makakasiguro kung ano ang sinasabi nila. Wala silang sasabihin tungkol sa mga problemang umiiral sa iglesia, o kung kumusta ang mga lider at manggagawa, at wala kang malalamang kahit na ano tungkol sa mga paghihirap na kinakaharap ng hinirang na mga tao ng Diyos. Hindi mo malalaman ang alinman dito—makikipag-usap lang sila sa iyo sa ganitong paraan. At anong mararamdaman mo habang nakikinig ka sa kanila? Mararamdaman mong may nasa pagitan ng puso ninyong dalawa. Ang takbo ng isip nila ay: “Huwag mong hangaring may anumang malaman tungkol sa akin, ayaw kong magbunyag sa iyo ng anumang impormasyon o kung ano talaga ang nangyayari. Lumayo ka sa akin; kung susubukan mong alamin mula sa akin kung ano ang nangyayari sa iglesia, puwes, sinusubukan mong magdulot ng problema sa akin at gambalain ang kasalukuyan kong kapaligirang pinamumuhayan, nakagawian, at sitwasyon. Huwag kang makialam sa anumang aspekto ng buhay ko; hayaan mong ako mismo ang humarap sa mga bagay na ito.” Natatakot silang pagdurusahin sila ng anticristo o maghihiganti ito sa kanila, at natatakot silang iulat ang anumang problema tungkol sa kanilang iglesia. Hindi ba’t pagsuko ito sa anticristong iyon? Hindi ba’t nalinlang at nakontrol sila ng anticristong iyon? (Oo.) At natutuwa ang anticristong iyon na makita ito. Pinahirapan nila ang mga tao sa puntong hindi na nangangahas ang mga ito na iulat ang mga isyu nila, kaya may mahigpit silang kontrol sa iglesia. Maraming tao ba sa iglesia ang kinokontrol ng isang anticristo sa ganitong paraan? Kayo ba mismo ay may pinagbawalan nang mag-ulat ng isang isyu? Maaaring nagawa na ninyo pero hindi ninyo ito alam, o maaaring gawin ninyo sa hinaharap. Kaya, maituturing bang problema ang mga taong nakukuha ang loob at nakokontrol ng mga anticristo? (Oo.) Sinasabi ng ilang tao: “May ilang partikular na tao sa iglesia na takot sa isang anticristo, pero hindi sila naniniwala sa anticristong iyon o sumusunod sa anticristong iyon, at lalong hindi nila pinagseserbisyuhan ang anticristong iyon. Medyo nalimitahan lang kasi sila ng anticristong iyon, at naudlot ang pagpasok nila sa tamang landas ng pananampalataya sa Diyos. Bakit Mo sinasabing problema ito?” Sa isang banda, sa pagtingin sa mga pamamaraang ginagamit ng mga

anticristo para kunin ang loob at kontrolin ang mga tao, dapat magawa mong makita na ang kanilang kalikasang diwa ay ang diwa ni Satanas; mapanlaban ito sa katotohanan at sa Diyos. Gustong makipagkompetensiya ng mga anticristo sa Diyos para sa mga tao, na makipagpaligsahan para sa Kanyang hinirang na mga tao. Sa isa pang banda, ang mga kaparaanan at pamamaraan ng pagpapatakbo ng mga anticristo ay maaari talagang magkaroon ng epekto sa mga taong hangal, ignorante, lito, at hindi nakakaunawa sa katotohanan. Puwede talagang mailihis ng mga anticristo ang mga taong iyon, panatilihing maamo ang mga ito sa ilalim ng kontrol ng mga anticristo, at pilitin silang kumonsulta sa mga anticristo at sumunod sa mga ito sa lahat ng bagay. Hindi lang pinapatikom ng mga anticristo ang bibig ng mga taong ito; kinokontrol din nila ang kilos ng mga ito, iniimpluwensiyahan ang mga kaisipan at ideya ng mga ito, at naaapektuhan ang direksiyong nilalakaran ng mga ito. Ito ang mga epekto at kahihinatnang idinudulot ng mga kilos ng mga anticristo sa mga hangal at ignorante.

Ngayon lang tinalakay Ko ang tungkol sa iba't ibang katotohanang nauugnay sa paggawa ng tungkulin ng isang lider o manggagawa. Isiniwalat Ko rin ang ilang partikular na isyung tinataglay ng mga lider at manggagawa, na pangunahing nakatuon sa mga pagpapamalas ng pinakamalalang klase ng tao—at aling uri ng tao iyon? (Mga anticristo.) Ano ang isang karaniwang pagpapamalas na mayroon ang lahat ng anticristo? Sinusubukan nilang agawin ang kapangyarihan para sa sarili nila at kontrolin ang iglesia. Nalalampasan ng paghahangad nila sa kapangyarihan ang lahat ng iba pang bagay; ang kapangyarihan ang kanilang buhay, kanilang ugat; ito ang tema, ang direksiyon, at ang layon kung saan umiikot ang lahat ng ginagawa nila sa buhay. Samakatwid, ang mga kilos ng mga anticristo at ang mga disposisyong ibinubunyag nila ay kapares ng mga taktikang ginagamit ni Satanas para ilihis, kunin ang loob, at kontrolin ang mga tao. Masasabing ang lahat ng ginagawa ng ganitong uri ng tao ay ginagawa siyang walang iba kundi bilang daluyan, kongkretong anyo, at pagpapahayag ni Satanas; ang pangunahing layon ng bawat kilos nila at ng lahat ng pag-uugali nila ay ang magtaglay ng kapangyarihan. At sino ang sinusubukan nilang kontrolin? Ito ay ang mga taong pinamumunuan nila, na mga tagasunod ng Diyos, ito ay ang mga taong nasa ilalim ng saklaw ng kanilang kapangyarihan, na nagagawa nilang kontrolin. Kanina, pinag-usapan din natin ang mga diskarte na ginagamit ng mga anticristo para kontrolin ang mga tao. Ang una ay ang kunin ang loob ng mga tao; ang ikalawa ay batikusin at ihiwalay ang mga hindi sumasang-ayon; ang ikatlo ay ihiwalay at batikusin ang mga naghahangad ng katotohanan; ang ikaapat ay ang patuloy na itaas at patotohanan ang kanilang sarili; at ang ikalima ay ilihis, akitin, pagbantaan, at kontrolin ang mga tao. Ang lahat ng limang pangunahing pagpapamalas na ito ay mga pundamental na teknik at paraang ginagamit ng mga anticristo para magtamo ng kapangyarihan, at mag-angkin at magkontrol ng mga tao. Ito ang malalawak na kategorya. Sunod, hihimayin natin at magbabahagi tayo tungkol sa malalawak na kategoryang ito nang mas detalyado.

Isang Paghihimay Kung Paano Sinusubukan ng mga Anticristo na Kunin ang Loob ng mga Tao

A. Pang-aakit sa mga Tao Gamit ang Maliliit na Pabor

Ang unang diskarte na ginagamit ng mga anticristo para kontrolin ang mga tao ay ang pagkuha sa loob nila. Gaano karaming paraan ang mayroon para kunin ang loob ng mga tao? Isang paraan ay ang akitin sila gamit ang maliliit na pabor. Minsan nagbibigay ang mga anticristo ng magagandang bagay sa mga tao, minsan ay pinupuri nila ang mga ito, minsan naman ay nagbibigay sila ng maliliit na pangako sa mga ito. At kung minsan, nakikita ng mga anticristo na ang ilang tungkulin ay makakapagbigay-kakayahan sa mga tao para bumida, o na iniisip ng iba na ang mga tungkuling ito ay makakapagdala ng bentahe sa sinumang gagawa ng mga ito at makakapagdulot para igalang ng lahat ang mga ito, at itinatalaga nila ang mga tungkuling ito sa mga gusto nilang makuha ang loob. Maraming bagay ang kasama sa “maliliit na pabor”: Minsan mga materyal na bagay ang mga ito; minsan ang mga ito ay mga bagay na hindi nahahawakan; minsan matatamis na salita ang mga ito na gustong marinig ng mga tao. Halimbawa, nagiging mahina ang isang tao kapag may nangyayari sa kanya, at nawawalan siya ng motibasyon sa kanyang tungkulin, at kapag inihahambing niya ang kahinaang ito sa mga salita ng Diyos, napagtatanto niyang kawalan ito ng katapatan sa Diyos, kawalan ng kagustuhang gawin ang kanyang tungkulin, kawalan ng tunay na pagpapasakop, at nakakaramdam siya ng labis na pagkakonsensiya. Kapag nakita ito ng isang lider, maaari niyang sabihin, “Mababa lang ang tayog mo. Hindi titingnan ng diyos ang bagay na ito sa ganoong paraan. Maikling panahon ka pa lang nananampalataya. Wala kang masyadong aasahan sa sarili mo. Nangangailangan ng oras ang ganitong uri ng bagay—hindi mo ito puwedeng madaliin. Hindi malaki ang hinihingi ng diyos sa mga tao, at para sa iyo, isang tao na maikling panahon pa lang na nananampalataya sa kanya, normal kung minsan ang pagiging medyo mahina at hindi mo ito dapat ipag-alala.” Ang ibig sabihin nito ay walang dapat ipag-alala sa pagiging mahina, hindi gaanong dapat mag-alala sa patuloy na pagiging mahina, at na normal na pagiging negatibo ang lahat ng ito, at hindi ito natatandaan ng Diyos. May ilang taong sobrang sentimental, at palagi silang napipigilan ng kanilang mga damdamin kapag ginagawa ang kanilang tungkulin, at sinasabi ng lider nila, “Dahil ito sa mababa mong tayog, ayos lang ito.” May ilang tao na tamad at hindi tapat sa kanilang tungkulin, pero hindi sila sinasaway ng lider nila, sa halip, nagsasabi sila ng mga bagay na masarap pakinggan at gustong marinig ng mga taong iyon sa bawat pagkakataon para palugurin ang mga ito at matawag silang mabuti ng mga ito, at para ipakita sa mga ito kung gaano sila kamaunawain at kamapagmahal. Iniisip ng mga taong iyon, “Ang lider namin ay parang mapagmahal na ina. Tunay siyang may pagmamahal sa amin—talagang kinakatawan niya ang Diyos. Talagang galing siya sa Diyos!” Ang hindi hayagang sinasabing implikasyon dito ay na kaya ng lider nilang magsilbing bibig ng Diyos, na kaya niyang kumatawan sa Diyos. Ito ba ang layon ng lider na ito? Hindi siguro iyon ganoon

kalinaw, pero maliwanag ang isa sa mga layon niya: Gusto niyang sabihin ng mga tao na mabait siyang lider, isinasaalang-alang ang iba, nakikisimpatya sa mga kahinaan ng mga tao, at lubos na maunawain sa puso ng mga ito. Kapag nakikita ng ilang lider ng iglesia ang mga kapatid na pabasta-bastang gumagawa ng kanilang mga tungkulin, hindi nila sinasaway ang mga ito, kahit na dapat. Kapag malinaw niyang nakikita na nagdurusa ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, wala siyang pakialam dito o hindi siya nagtatanong, at hindi niya pinapasama ang loob ng iba kahit kaunti. Sa katunayan, hindi talaga siya nagpapakita ng pagsasaalang-alang sa kahinaan ng mga tao; sa halip, ang intensyon at layon niya ay ang makuha ang loob ng mga tao. Alam na alam niya na: “Basta’t ginagawa ko ito at hindi ko pinapasama ang loob ng sinuman, iisipin nilang mabuti akong lider. Magkakaroon sila ng maganda at mataas na pagtingin sa akin. Sasang-ayunan nila ako at magugustuhan nila ako.” Wala siyang pakialam kung gaano kalaking pinsala ang nagawa sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, o kung gaano kalaking mga kawalan ang naidulot sa buhay pagpasok ng mga hinirang ng Diyos, o kung gaanong labis na nagambala ang buhay iglesia nila, mahigpit siyang kumakapit sa kanyang satanikong pilosopiya at hindi nagpapasama ng loob ng sinuman. Walang anumang paninisi sa sarili sa puso niya. Kapag may nakita siyang isang taong nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan, sa pinakahigit ay maaari niya itong kausapin tungkol dito, paliliitin ang isyu, at pagkatapos ay hindi na niya ito pakikialaman. Hindi siya magbabahagi tungkol sa katotohanan, o tutukuyin ang diwa ng problema sa taong iyon, lalong hindi niya hihimayin ang kalagayan niyon, at hindi siya kailanman magbabahagi tungkol sa kung ano ang mga layunin ng Diyos. Hindi kailanman isinisiwalat o hinihimay ng mga huwad na lider ang mga pagkakamaling kadalasang ginagawa ng mga tao, o ang mga tiwaling disposisyong madalas ibinubunyag ng mga ito. Wala silang nilulutas na anumang totoong mga problema, kundi sa halip ay palagi nilang kinukunsinti ang mga maling gawi at pagpapakita ng katiwalian ng mga tao, at gaano man kanegatibo o kahina ng mga tao, hindi nila ito sineseryoso. Nangangaral lang sila ng ilang salita at doktrina at nagsasabi ng ilang salita ng panghihiikayat para harapin ang sitwasyon sa isang pabasta-bastang paraan, sinusubukang panatilihin ang pagkakasundo. Dahil dito, hindi alam ng mga hinirang ng Diyos kung paano pagnilayan at kilalanin ang kanilang sarili, walang solusyon sa anumang ibinubunyag nilang mga tiwaling disposisyon, at namumuhay sila sa gitna ng mga salita at doktrina, kuru-kuro at imahinasyon, nang walang anumang buhay pagpasok. Naniniwala pa sila sa kanilang puso na, “Mas malawak pa nga ang pang-unawa ng aming lider sa mga kahinaan namin kaysa sa Diyos. Masyadong maliit ang aming tayog upang makatugon sa mga hinihingi ng Diyos. Kailangan lang naming tuparin ang mga hinihingi ng aming lider; sa pagpapasakop sa aming lider, nagpapasakop kami sa Diyos. Kung dumating ang araw na tanggalin ng ang Itaas ang aming lider, magsasalita kami upang marinig; upang mapanatili ang aming lider at mapigilang tanggalin siya, makikipagkasundo kami sa ang Itaas at pipilitin silang sumang-ayon sa mga hinihingi namin. Ganito namin gagawin ang

tama para sa aming lider.” Kapag ang mga tao ay may ganoong mga saloobin sa kanilang puso, kapag nakapagtatag na sila ng ganoong relasyon sa lider nila, at nagkaroon na ng ganitong uri ng pagdepende, pagkainggit, at pagsamba sa puso nila para sa kanilang lider, magkakaroon sila ng higit pang pananalig sa lider na ito, at palagi nilang gustong makinig sa mga salita ng lider, sa halip na hanapin ang katotohanan sa mga salita ng Diyos. Ang gayong lider ay halos pumalit na sa puwang ng Diyos sa puso ng mga tao. Kung ang isang lider ay handang mapanatili ang ganoong relasyon sa mga taong hinirang ng Diyos, kung nakakaramdam siya ng kasiyahan dito sa puso niya, at naniniwala siyang dapat lang siyang tratuhin nang ganito ng mga taong hinirang ng Diyos, kung gayon ay walang ipinagkaiba ang lider na ito kay Pablo, nakatapak na siya sa landas ng isang anticristo, at nailihis na ng anticristong ito ang mga hinirang ng Diyos, at talagang wala silang pagkakilala. Sa katunayan, hindi tinataglay ng lider na iyon ang katotohanang realidad, at wala talaga siyang dinadalang pasanin tungkol sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Kaya lang niyang mangaral ng mga salita at doktrina at panatilihin ang kanyang mga kaugnayan sa iba. Magaling siyang magpakitang-gilas gamit ang mga mapagpaimbabaw na pamamaraan, ang mga salita at kilos niya ay naaayon sa mga kuru-kuro ng mga tao, at sa gayon ay naililihis niya ang mga tao. Hindi niya alam kung paano magbahagi tungkol sa katotohanan o kilalanin ang sarili niya, at ginagawa nitong imposible para sa kanyang akayin ang iba sa katotohanang realidad. Gumagawa lang siya para sa reputasyon at katayuan, at nagsasabi lang siya ng mga salitang masarap pakinggan para siluin ang mga tao, idinudulot na sambahin at tingalain siya ng mga tao, na lubhang nakakaapekto at nakakaantala sa gawain ng iglesia at sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Hindi ba’t isang anticristo ang taong tulad nito? Kumikilos ang ilang tao sa parehong paraan gaya ng mga anticristo, pero kapag nakita nilang nabunyag ang isang anticristo, nagagawa nilang ikumpara ang sarili nila sa anticristong iyon. Pakiramdam nila ay landas din ng mga anticristo ang landas na tinatahak nila, na dapat nilang rendahan ang sarili nila mula sa bingit ng sakuna at agad na magsisi sa Diyos, at tigilan ang pagtuon sa personal nilang katayuan at imahe; iniisip nilang dapat nilang dakilain at patotohanan ang Diyos sa lahat ng bagay, at idulot na ang mga tao ay magkaroon ng puwang sa puso nila para sa Diyos, at dakilain Siya—pakiramdam nila ay doon lang magkakaroon ng tunay na kapayapaan sa kanilang puso. Tanging ang tao lang na gumagawa nito ang siyang nagmamahal at kayang tumanggap sa katotohanan. Kung ang isang tao ay may kalikasan ng isang anticristo, makakaramdam din siya ng pagkabalisa sa kanyang puso kapag narinig niya ang mga salitang naglalandad sa mga anticristo, pero hindi niya magagawang tanggapin ang paghatol at pagkasting ng mga salita ng Diyos, o buksan at ilantad ang kanyang mga tiwaling disposisyon. Ipinapakita nitong hindi niya kayang tanggapin ang katotohanan at imposible para sa kanya ang tunay na pagsisisi. Magpapatuloy siya sa paggigiit sa kanyang katayuan, tinatamasa ang mga benepisyo ng katayuan, at tinatamasa ang pagsamba at pagtingala sa kanya ng hinirang na mga tao ng Diyos. Idinudulot nitong lumihis mula sa tunay na

landas at sa mga salita ng Diyos ang mga taong nailihis na niya; umiiwas sila sa Diyos at sumusunod na lang sa taong iyon. Pero hindi talaga nagninilay sa sarili niya ang taong iyon. Walang kamalay-malay na nahulog na siya sa panganib, medyo mataas pa rin ang tingin niya sa sarili niya, at patuloy niyang inililihis at kinukuha ang loob ng iba. Hangga't pinakikinggan ng mga tao ang sinasabi niya at sinusunod siya, gaano man kapabastabasta o kairesponsable ang mga taong iyon sa paggampan sa kanilang mga tungkulin, magbubulag-bulagan lang siya rito. Bukod pa roon, malulugod siya sa pagtatamasa ng pagsamba at pagtingala sa kanya ng mga ignorante at hangal na taong iyon, at bibigyan pa nga ng proteksyon ang mga ito, hindi pinapahintulutan ang sinuman na isiwalat o kilatisin siya. Sa paggawa nito, hindi ba't nagtatatag ang anticristo ng independiyenteng kaharian para sa sarili niya? Hindi gumagawa ng totoong gawain ang isang anticristo, hindi siya nagbabahagi tungkol sa katotohanan para lumutas ng mga problema, hindi niya ginagabayan ang mga tao sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos at sa pagpasok sa katotohanang realidad. Gumagawa lang siya para sa katayuan, kasikatan at pakinabang, ang mahalaga lang sa kanya ay ang tungkol sa pagtatatag ng kanyang sarili, pinoprotektahan ang puwang niya sa puso ng mga tao, at tinitiyak na sinasamba siya ng lahat, tinitingala siya, at sinusunod siya sa lahat ng oras; ang mga ito ang mga pakay na gusto niyang makamit. Ganito sinusubukan ng isang anticristo na kunin ang loob ng mga tao at kontrolin ang hinirang na mga tao ng Diyos—hindi ba't buktot ang ganitong paraan ng paggawa? Ito ay masyado talagang nakakasuka! Ganito siya gumagawa sa loob ng ilang panahon, dahil dito, nagiging mabuti ang pagtingin ng mga tao sa kanya, nagtitiwala sa kanya, sumasandig sa kanya—pero ano ang mga kahihinatnan? Hindi lang basta hindi maunawaan ng mga taong iyon ang katotohanan, hindi lang sila talagang bigong umusad sa buhay pagpasok nila—sa halip, ginagawa nilang espirituwal na magulang nila ang anticristo, bilang kapalit ng Diyos, hinahayaan ang anticristo na palitan ang katayuan ng Diyos sa puso nila. Kapag may isyu ang isang tao, hindi na siya lumalapit sa Diyos, at anumang problema ang dumarating sa kanya, hindi siya nananalangin sa Diyos o sumasandig sa Kanya, o naghahanap sa katotohanan sa Kanyang mga salita. Sa halip, pumupunta siya sa lider na ito para magtanong tungkol dito. Hinihiling niya sa lider na ipakita sa kanya ang daan, at patagal nang patagal, lalo siyang tumitingala sa lider na ito at dumedepende rito. Hindi niya alam kung paano hanapin ang Diyos, at hindi niya alam kung paano tumingala sa Kanya at sumandig sa Kanya, lalong hindi ang kung paano kumilos ayon sa katotohanan at sa mga prinsipyo. Anuman ang dumating sa kanya, makapigil-hininga niyang hinihintay ang lider na desisyonan ito. Ginagawa niya anuman ang sabihin ng lider na dapat niyang gawin, at sumusunod siya sa anumang mga direksyon ng lider. Sa pagdadala sa mga tao sa puntong ito, hindi ba't inililihis at kinokontrol sila ng anticristo? Bakit hindi hinahanap ng hinirang na mga tao ng Diyos ang katotohanan mula sa Diyos kapag may nangyayari sa kanila? Bakit pikit-matang sinusunod ng hinirang na mga tao ng Diyos ang sinasabi ng lider nila, nang hindi sinusuri o kinikilatis ang mga salita nito? Bakit

agad nakakapagpasakop ang hinirang na mga tao ng Diyos sa mga salita ng lider nila pagkarinig nila sa mga ito, pero hindi ito magawa sa mga salita ng Diyos? Hinahanap nila ang mga kagustuhan ng lider nila sa halip na hanapin ang sa Diyos; pinakikinggan nila ang mga salita ng lider nila sa halip na pakinggan ang sa Diyos, at sa halip na maghanap at magpasakop sa katotohanan. Sumasandig sila sa lider nila para kumilos, pati na rin para suportahan sila, magsalita para sa kanila, at gumawa ng mga desisyon para sa kanila, sa halip na sumandig sa Diyos, tumingala sa Kanya, at magpasakop sa Kanya. Hindi ba't umokupa na ng partikular na puwang sa puso ng mga tao ang mga tinatawag na lider na ito? Ito ang bunga ng panlilihis at pagsilo ng isang anticristo sa mga tao.

Kapag may nangyayari sa ilang tao at sinabi mo sa kanilang manalangin sa Diyos, sasabihin nilang masyadong mababa ang tayog nila at hindi nila alam kung paano maghanap. Kung sasabihin mo sa kanilang kumain at uminom ng mga salita ng Diyos, sasabihin nilang wala silang kakayahan at hindi nila kayang magtamo ng dakilang liwanag. Kung sasabihin mo sa kanilang makinig sa mga sermon, sasabihin nilang masyadong matayog at malalim para sa kanila ang nilalaman ng mga sermon, na hindi nila ito kayang maabot. Naniniwala silang kung mababa ang kakayahan ng isang tao, at may mga kahinaan, at hindi siya sapat sa anumang aspekto, kailangan niyang maghanap ng mga lider. Ipagpalagay nating tatanungin mo sila, "Bakit kailangan mong humanap ng isang lider? Bakit hindi ninyo hanapin ang Diyos at lumapit sa Kanya?" Sasabihin nila, "Napakahirap para sa mga tao na lumapit sa Diyos: May mga kuru-kuro kami, mahina ang kakayahan namin, at mahina kaming umintindi at walang pakiramdam. Hindi palaging tuwiran ang mga salita ng Diyos, at walang anumang mga halimbawa sa Kanyang mga salita para ipakita ang ibig sabihin ng mga ito. Direktang sinasabi sa amin ng lider namin kung ano ang dapat gawin, sa paraang talagang tuwiran, gaya ng kung paanong ang isa dagdagan ng isa ay katumbas ng dalawa. Pagdating sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos, kung kaya kong basahin ang mga ito nang malakas, medyo mahusay na iyon, pero wala akong ideya kung ano ang ibig sabihin ng mga iyon, at hindi ko alam kung ano ang hinihingi ng Diyos sa tao o kung paano magsagawa sa paraang naaayon sa mga layunin ng Diyos. Hindi ako kailanman makakahanap ng mga sagot. Dahil isa akong taong may mahinang kakayahan, isang taong napakababa ng tayog, na manhid at mahina ang utak, na hindi kayang kumilatis ng anumang bagay, kailangan kong tanungin ang lider namin tungkol sa lahat ng bagay na nangyayari, at ipaubaya sa kanya ang pagdedesisyon. Makakahanap ng mga sagot para sa akin ang lider namin; gagawin ko lang anuman ang sabihin niya sa akin. Ganoong uri lang ako ng tao—simple at masunurin." "Walang mali sa pagiging simple at masunurin, pero tinataglay ba talaga ng lider ninyo ang katotohanang realidad? Isa ba talaga siyang taong nagpapasakop sa Diyos? Kung ang kaya niya lang gawin ay mangaral ng mga salita at doktrina at hindi siya isang taong nagpapasakop sa Diyos, ang pagpapasakop mo ba sa kanya ay nangangahulugang nagpapasakop ka sa Diyos?" Sinasabi nila, "Mahusay ang kakayahan ng lider namin, at tama ang lahat ng sinasabi niya. Nagpapatunay iyon na nauunawaan

niya ang katotohanan at kaayon siya sa mga layunin ng Diyos.” May kaunting lohikal na katwiran sa sinasabi nila, hindi ba? Batay itong lahat sa mga personal nilang damdamin. Mahina ang kakayahan nila at wala silang pagkilatis, kaya kung talagang may mali sa lider nila, hindi nila ito makikita. Hangal, ignorante, at mahina ang kakayahan ng karamihan ng tao, pero isantabi muna natin ang dahilang iyon sa ngayon. Kung titingnan natin ito sa punto ng lider, kung nagpapakita ang mga tao ng ganitong mga pagpapamalas, may ganoong pagdepende sa kanilang lider, at nagkikimkim ng ganoong uri ng pananaw at saloobin, hindi ba’t may kaunting kaugnayan iyon sa mga taktika at pamamaraan ng lider upang makuha ang loob ng mga tao? (Oo. Mayroon.) Gaano kalaking kaugnayan? Direkta ba itong nauugnay sa paraan ng paggawa ng lider? Masasabi natin nang may katiyakan na may ganap at direktang kaugnayan doon, na isang daang porsiyentong konektado ang mga bagay na ito. Bakit Ko ito sinasabi? Maraming lider, pagdating sa kanilang subhetibong kagustuhan, ay nagnanais na dalhin ang mga tao sa harapan ng Diyos, pero dahil hindi nila nauunawaan ang katotohanan, o hindi alam kung paano lumutas ng iba’t ibang totoong problema, kaya lang nilang mangasiwa ng ilang pang-administratibong gawain at pangkalahatang usapin, at magpasikat para tingalain sila ng mga tao, hindi nila namamalayang napupunta na sila sa landas ng mga anticristo. Gumagamit sila ng mga sarili nilang paraan at diskarte para patuloy na subukang kunin ang loob ng mga tao, at na kontrolin ang kanilang mga puso, gawi, at mga kaisipan, para palaging gawin ng mga tao ang sinasabi nila sa kanilang mga kilos, sa pagsasagawa nila ng katotohanan, at sa bawat aspekto ng paggampan nila sa kanilang mga tungkulin. Kung magpapasakop ang mga tao sa isang anticristo, at hindi tunay na magpapasakop sa Diyos—kung magpapasakop sila sa anticristo nang higit pa sa pagpapasakop nila sa Diyos—at talagang walang ibinubungang resulta ang paggampan nila sa kanilang mga tungkulin, at hindi nila mahusay na nagagawa ang tungkulin ng tao, ang ganoong mga tao ba ang mga taong maliligtas? Ang mga tao ay may mga “tumpak” na landas ng pagsasagawa para sa pagsunod at pagiging tapat sa mga lider at manggagawa, pero hindi nga sila tumpak na nagsasagawa pagdating sa pagpapasakop sa Diyos at pagiging tapat sa Kanya—walang nagbabahagi tungkol dito, at walang gumagampan sa aspektong ito ng totoong gawain. Gusto ng lahat ng tao na magsalita at kumilos alang-alang sa sarili nilang katayuan at reputasyon, at pinipiga nila ang utak nila at nakakalimutan na nilang kumain o matulog para pasunurin at pasambahin sa kanila ang hinirang na mga tao ng Diyos. Halata naman, na ginagawa nila ang lahat ng ito para matupad ang pakay nilang maghari sa iglesia bilang isang lider o manggagawa. Ano ang dahilan nito? Iyon ay dahil may pare-parehong disposisyon at pare-parehong kagustuhan ang lahat ng tiwaling sangkatauhan. Kapag may taong nagturo ng landas sa iyo, at talagang handa kang isagawa ito, hindi ibig sabihin niyon na isinasagawa mo ang katotohanan—ibig sabihin nito ay ginagawa mo ang sinasabi ng taong iyon at sinusunod mo siya. Kaya, bakit ayaw ng mga tao na lumapit sa Diyos, o hanapin Siya? Dahil walang anumang nasa pagkatao ng tao ang naaayon sa katotohanan. Ang lahat ng gusto ng tao, ang lahat ng inaasam

nila, at ang lahat ng pinanghahawakan nila sa kanilang puso ay taliwas sa katotohanan, salungat dito. Samakatwid, kung hihilingin mo sa isang tao na hanapin ang katotohanan kapag may nangyari sa kanya, iisipin niyang mas mahirap pa ito sa kanya kaysa sa pagpunta sa buwan—pero kung hihilingin mo sa kanyang makinig sa isang tao, iisipin niyang mas madali iyon. Maliwanag na napakabilis makamit ng mga anticristo ang mga resulta kapag ginamit nila ang diskarte ng pagkuha sa loob ng mga tao para kontrolin ang mga ito. Sa isang komento lang na isiningit, makukumbinsi nila ang isang tao na magkaroon ng magandang opinyon tungkol sa kanila; sa isang kaswal na komento lang na nagkikimkim ng ilang intensyon o pananaw, magagawa nilang makita sila ng isang tao mula sa isang bagong perspektiba, sa isang bagong punto de bista. Ibinubunyag nito nang eksakto kung anong mga bagay ang nasa kalooban ng mga tao. Ibig sabihin nito na kung hindi mo hahangarin ang katotohanan, at sa halip ay tatahakin mo ang landas ng paghahangad sa katayuan at kapangyarihan, ang magiging epekto at kahihinatnan ng lahat ng gagawin mo sa sinumang miyembro ng tiwaling sangkatauhan ay ang idulot na talikuran nila ang tunay na daan, iwasan ang katotohanan, iwasan ang Diyos, at tanggihan ang Diyos. Iyon ang tanging kahihinatnan, ang tanging kalalabasan. Malinaw itong makikita.

Ang unang pagpapamalas ng pagtatangka ng mga anticristo na kunin ang loob ng mga tao ay ang pang-aakit sa mga tao gamit ang maliliit na pabor. Hindi kailangang mga materyal na bagay ang maliliit na pabor; malawak ang saklaw ng mga ito. Minsan mga salitang may pagsasaalang-alang ang mga ito; minsan katuparan ang mga ito ng pagnanais o kagustuhan ng isang tao; at kung minsan pakikiramdam ang mga ito sa mga kaisipan ng isang tao at pagsasabi ng anumang mga kaaya-ayang bagay na gustong marinig ng taong iyon, para isipin ng taong iyon na napakahusay at napakamaunawain ng lider nila. Sa madaling salita, nagtatambak ang mga anticristo ng pagpaparaya, pagmamahal, init, at tinatawag na pagsasaalang-alang para maitago ang lihim nilang ambisyon na kontrolin ang mga tao. Kung nagbigay ang mga kapatid ng ilang magandang bagay, halimbawa, posibleng ibahagi nila ang ilan sa mga bagay na iyon sa sinumang kasundo nila. Ginagamit nila ang maliliit na pabor na ito para kunin ang loob ng mga tao at suhulan ang mga ito. Kung may trabaho sa iglesia na wala masyadong hinihingi, iyong walang kasamang pagkakalantad sa mga elemento at mabibigyang-kakayahan ang isang tao para maging prominente, ipapagawa nila ito sa sinumang kasundo nila. Bakit kaya nila itong gawin? Bahagi nito ay na likas na hindi nila minamahal ang katotohanan, at kumikilos sila nang walang mga prinsipyo. Ang isa pang bahagi ay nirereserba nila ang mabuting tungkulin na ito para sa mga kasundo nila, at pagkatapos ay magsasabi sila ng ilang magandang pakinggang bagay sa mga ito, para magkaroon ang mga ito ng utang na loob sa kanila. Sa paggawa nito, makakamit nila ang layon nila na pagkuha sa loob ng mga tao. Ang taktikang ito ay hindi lang tungkol sa pagbibigay ng maliliit na pabor at pagsasabi ng matamis na bagay dito at diyan—may isang intensyon dito, may isang layon. At anong layon iyon? Naglalayon itong mag-iwan sa

mga tao ng isang kanais-nais na pagsusuri sa kanila sa puso ng mga ito. Kung may isang grupo ng sampung tao, magsisimula sila sa pamamagitan ng pagtatasa sa mga ito: “Sa sampung ito, may dalawa na magaling sa pagsipsip sa mga tao. Hindi ko sila kailangang intindihin, at pareho lang nila akong bobolahin. Pagkatapos, may dalawang taong magulo ang isip; gagawin nila ang sasabihin ko kung bibigyan ko sila ng ilang benepisyo. Ang dalawa pa ay mga taong medyo mahusay ang kakayahan; hangga’t nangangaral ako ng ilang matatayog na sermon at nagsasalita ng ilang kahanga-hangang salita sa kanila, magpapasakop sila sa akin. Pagkatapos, may tatlong tila naghahangad sa katotohanan, kaya medyo magiging mahirap silang pangasiwaan. Kakailanganin kong magkaroon ng malinaw na pagkaunawa sa aktuwal nilang sitwasyon, makita kung ano ang kailangan nila, at pagkatapos ay tugunan ang mga ito. Kung hindi kakagat dito ang sinuman sa kanila at hindi susunod sa akin, haharapin ko sila sa huli at paaalisin. Kahit pa laban sa akin ang huli, gaano lang ang gulo na maidudulot nila sa akin, at magiging madali lang asikasuhin ang mga iyon.” Sa isang sulyap lang ng kanilang mga mata, matutukoy nila kung sino sa isang grupo ang kaya nilang pangasiwaan at sino ang hindi. Paano nila ito malalaman nang ganoon kabilis? Kaya nila itong gawin dahil puno ang puso nila ng mga satanikong politika at pilosopiya. Ang mga prinsipyo ng pag-uugali nila at ang mga paraan ng pag-asal at pakikisalamuha nila sa iba ay hindi tungkol sa mabuting pakikisama sa mga tao, o pagkakaroon ng mga normal na interpersonal na ugnayan, hindi ito tungkol sa pagtulong o pagtustos sa iba, o pagpapatibay sa kanila, o tungkol sa pakikipag-ugnayan sa iba bilang kapantay, o paggamit sa mga katotohanang prinsipyo para pangasiwaan ang mga usapin at pakitunguhan ang ibang tao. Talagang hindi sila nagtataglay ng kahit katiting ng mga prinsipyong ito. Ano ang mga prinsipyo nila? “Paano ako itinuturing ng bawat tao sa kanilang puso? Hindi ko na kailangang intindihin iyong mga mataas ang tingin sa akin, na nasa puso nila ako, at na takot sa akin, iginagalang ako, at pinipitagan ako. Ganito at ganyan ang dapat kong sunod na gawin sa mga taong hindi nagpipitagan sa akin, at ganito at ganyan ang dapat kong gawin sa mga taong nagpipitagan sa akin, pero hindi pa lubos na nagpapasakop sa akin. At para doon sa mga hindi karaniwang nagbibigay ng pansin sa iba, ganito at ganyan ang dapat kong gawin sa kanila.” May hakbang-hakbang silang pamamaraan para kontrolin ang mga tao. Bakit nila ginagawa ang mga hakbang at kaisipang ito? Dahil hindi makontrol ang pagnanais para sa kapangyarihan sa kanilang puso. Kung magiging mabuti ang pakikisama nila sa mga tao sa isang grupo, medyo hindi sila masisiyahan at mararamdaman nilang wala silang dignidad. Kaya, ano ang layon nila? Ang tiyakin na ang lahat ay bigyan sila ng puwang sa puso nila—kung hindi una, kung gayon ay pangalawa, at kung hindi pangalawa, kung gayon ay pangatlo. Hindi talaga puwede ang makipag-ugnayan sa iba sa pantay na antas. Bilang mga lider, kaya bang pakinggan ng mga taong ito ang magkakaibang opinyon ng iba? Hindi nila kaya. Saan umiikot ang lahat ng ginagawa nila? (Sa kapangyarihan.) Sa kapangyarihan umiikot ang lahat ng ginagawa nila. Anong mga bagay ang ginagawa nila na umiikot sa kapangyarihan? Una,

sinisiyasat nila ang puso mo at inaarok ito; ibig sabihin, sinusuhulan ka nila, at pinabubuksan nila sa iyo ang iyong puso, kinukuha nila ang tunay mong damdamin, at inaalang ang tunay mong opinyon tungkol sa kanila. Sa pagkaarok nito, iniaakma nila ang mga pamamaraan nila sa bawat sitwasyon, tinutugunan isa-isa ang bawat kaso. Gusto nilang kontrolin ang puso ng mga tao, at kapag nakahanap sila ng isang taong hindi nila kasundo, isang taong hindi nagpipitagan sa kanila, isang taong hindi tapat sa kanila, iyon ang oras na aatakehin at pahihirapan nila ang taong iyon. Kung gayon, ang motibasyon ng mga anticristo sa pagkuha sa loob ng mga tao ay kapangyarihan. At ano ang mga pamamaraan at diskarte na ginagamit nila para magkamit ng kapangyarihan? Lubusan nilang nauunawaan, naaarok, at nakokontrol ang puso ng mga tao. Ano ang kumokontrol sa mga kaisipan ng mga tao? Ang puso at kalikasan nila. Kapag kinokontrol ng anticristo ang puso ng isang tao, hindi na mahalaga ang mga ideya at kaisipan ng taong iyon. Sa sandaling makontrol ng anticristo ang puso ng isang tao, nakokontrol na niya ang buong pagkatao nito.

B. Pagpapakitang-gilas sa Kanilang mga Kalakasan Para Sambahin Sila ng mga Tao

Bukod sa paggamit ng maliliit na pabor, na katatalakay lang natin, anong iba pang mga teknik ang karaniwan o regular na ginagamit ng mga anticristo para kunin ang loob ng mga tao? Halimbawa, sabihin nating may masamang impresyon ang lahat sa isang lider. Iniisip ng mga tao na walang talento ang lider na ito, na mga salita at doktrina lang ang kaya niyang sabihin, at na wala siyang totoong pagkaunawa sa katotohanan. Kung malalaman ng lider na iyon na kinikimkim ng mga tao ang ganitong uri ng impresyon sa kanya, gagawin ba niya ang lahat ng makakaya niya para itago ang mga kamalian at kahinaang ito? (Oo.) Ano ang gagawin niya? Anong uri ng mga bagay ang sasabihin niya? Ang pagpapanggap na nagbubukas-loob ay isang aspekto nito. Ano pa? (Pagpapalusot.) Ang pagpapalusot ay nagsisilbi ring paraan ng pagtatago. Dagdag pa rito, maaaring gamitin ng lider ang kanyang mga kalakasan at ang mga bagay na mahusay sa pananaw ng iba para itago ang mga kahinaan niya. Isa ba itong karaniwang teknik? (Oo.) Halimbawa, sinabi ng isang tao, “Maikling panahon pa lang akong nananampalataya sa diyos, kaya bakit ako piniling lider? Ito ay dahil may pinatakbo akong kompanya sa sekular na mundo, at dumami ang aming mga tauhan mula 10 tao hanggang 200, na nagpapakitang may kakayahan ako sa pamumuno. Kahit na walang ikinakabit na importansiya ang sambahayan ng diyos sa ganoong mga bagay, kapaki-pakinabang ang kakayahang ito sa ilang sitwasyon, tama?” Matapos marinig ito, hindi sasang-ayon ang iba, kaya magpapatuloy ang taong ito sa palabas niya at sasabihin niya, “Halimbawa, kung kakausapin mo ang mga empleyado mo, pero hindi sila nakikinig, ano ang dapat mong gawin? Makikinig sila sa iyo kapag nagkamit ka ng magagandang resulta. Nailatag ko na ang patunay ko: Naisapubliko na ang kompanya ko!” Sa una, maaaring sabihin ng ilan na isa itong kaloob, na ganito ginagawa ng mga walang pananampalataya ang mga

bagay-bagay, pero may mga pamamaraan at resulta talaga sa pagkilos ng taong ito, kaya may ilang tao na mula sa pagdududa sa kanya ay nagtitiwala sa kanya, hanggang sa hindi namamalayan ay nagsisimula na nilang sambahin siya, unti-unti, habang kumikilos siya. Dagdag pa, inililihis ng taong ito ang iba, at itinatago ang sarili niyang mga kakulangan; nabili niya ang puso ng mga tao nang hindi nalalaman ng mga ito, nailihi niya ang mga ito, at yumuyukod sa kanya ang mga ito. Hindi ba't isa itong teknik? (Oo.) Ano ito? Ito ang paggawa ng isang tao ng lahat ng makakaya niya para magpakitang-gilas ng kadalubhasaan at mga kaloob niya at ipagyabang ang kanyang mga kakayahan at kasanayan. Ano ang pakay ng mga pagkilos na ito? Ito rin ay para kunin ang loob ng ibang tao. Para kunin ang loob ng ibang tao, bukod sa pamimigay ng ilang magagandang bagay, kailangan din niyang maidulot na tingalain siya ng iba. Kung ordinaryong tao lang siya, o isang hindi edukadong tao na wala masyadong pinag-aralan, sino ang titingala sa kanya? Samakatwid, sadyang ipinapangalandakan ng taong ito ang kanyang mga diploma, ipinapaalam sa mga tao na mayroon siyang matataas na digri at matataas na akademikong kredensiyal, at dahil dito, naililihis niya ang ilang tao. Ginagawa niya ang lahat para magpakitang-gilas ng kanyang mga kaloob, kadalubhasaan, at kakayahan para maidulot na ang ibang tao ay magkaroon ng mataas na pagtingin at magandang impresyon sa kanya, at para madalas pa ngang maisip ng mga tao o magkaroon sila ng bugso ng damdamin na hingin ang payo niya habang ginagawa ang mga bagay-bagay. Hindi ba't ang lahat ng ginagawa niya para makamit ang layong ito ay isa ring estratehiya para kunin ang loob ng mga tao? May dalawang pagpapamalas ang mga anticristo sa pagkuha ng loob ng mga tao. Ang una ay paggamit ng maliliit na pabor. Ang pangalawa ay pagpapakitang-gilas ng sarili nilang mga kakayahan at kaloob, sa madaling salita, ang mga bagay na ginagawa silang superyor, at paggamit sa pamamaraang ito para matalo ang iba pa, para mamukod-tangi sila sa karamihan, at para tingalain sila ng iba, hangaan sila, buong-pusong lumapit sa kanila para sundin ang mga utos nila at tanggapin ang pamumuno nila, at buong-puso pa ngang tanggapin at sundin ang lahat ng kanilang pagsasaayos. Hindi ba't isa itong anyo ng sikolohikal na pag-atake? (Oo.) Ang pagkuha ng loob ng ibang tao ay isang uri ng sikolohikal na pag-atake. Ano ang ibig sabihin ng "sikolohikal na pag-atake"? Isa itong paraan ng pagsakop at pagkontrol ni Satanas sa puso ng mga tao. Sinisiyasat ng Diyos ang kaibuturan ng puso ng tao. Nilulupig at nakakamit Niya ang puso ng mga tao. Kaya bakit hindi ginagamit ang katagang "makamit ang puso ng mga tao" kapag tumutukoy kay Satanas at sa mga anticristo? Ito ay dahil gumagamit si Satanas at ang mga anticristo ng mga abnormal at buktot na teknik para kamkamin, ilihis, akitin, at kontrolin ang puso ng mga tao, upang walang magawa ang mga tao kundi magkaroon ng mataas na pagtingin sa mga ito at lubos na igalang at hangaan ang mga ito.

Katatapos lang nating magbahagi tungkol sa dalawang taktika sa pagkuha ng loob ng mga tao. Ano pang mga tipikal na taktika ang mayroon? Kung hindi pa ninyo nararanasan ang mga taktika at pamamaraang ginagamit ng mga anticristo para ilihis at

pigilan ang mga tao, maaari ninyong tingnan ang inyong mga sarili para makita kung paano kayo kumpara sa mga ito. Tingnan ninyo kung tinataglay ninyo ang mga pagpapamalas na ito. Ang lahat ng namumuhay sa gitna ng mga tiwaling disposisyon ay nagtataglay ng mga bagay na ito. Ang pagbibigay ng maliliit na pabor, panlilihis sa mga tao, pang-aakit sa mga tao—hindi ba't ito ay mga bagay na madalas ninyong gawin? At ang paggawa ng lahat ng makakaya ninyo para magpakitang-gilas ng inyong mga kaloob at kalakasan—hindi ba't isa rin iyong bagay na madalas ninyong gawin? (Oo.) Sa partikular, kapag may ginawa kayong isang bagay na taliwas sa katotohanan, kapag nalantad ang inyong mga kahinaan at kakulangan, at pati na kapag pinungusan kayo at talagang napahiya kayo at nawala ang bawat hibla ng prestihiyo ninyo, hindi ba't ginagawa ninyo ang mga bagay na tulad ng paggamit ng mga pamamaraan at teknik na ito para remedyuhan ang sitwasyon at para ibalik ang inyong posisyon at prestihiyo sa puso ng mga tao? (Ginagawa rin namin ang ganitong mga uri ng mga bagay.) Kapag ginagawa ninyo ang mga bagay na ito, mayroon ba kayong kamalayan, at nararamdaman ba ninyo na ito ang maling landas at na hindi ninyo ito puwedeng gawin? Nakakaramdam ba kayo ng paninisi sa sarili? Madalas ba kayong manhid dito, o na mayroon kayong paninisi sa sarili, pero dapat pa ring gawin ang mga bagay na ito, sa kabila ng inyong mga sarili, dahil napakahalaga sa inyo ng reputasyon at imahe ninyo? Alin ito? (Ginagawa pa rin namin ang mga ito kahit na hindi namin gusto.) Ginagawa ninyo ito kahit na hindi ninyo gusto—kung gayon, nakakaramdam ba kayo ng paninisi sa sarili? O hindi ba talaga ninyo ito nararamdaman, kundi binabalewala ang mga bagay na iyon kapag nagawa na ninyo ang mga ito, at nagpapatuloy lang kayo sa pagkain at pagtulog gaya ng ginawa ninyo dati? (Nakakaramdam kami ng paninisi sa aming sarili.) Kung nakakaramdam kayo ng kaunting paninisi sa inyong sarili, hindi iyon ganoon kalala. Pinapatunayan nitong hindi pa ganoon kalalim ang pagkamanhid ninyo—nagtataglay pa rin kayo ng kamalayan. Ang mga taong may kamalayan ay may pag-asang maligtas; iyong mga taong wala nito ay walang pagkatao, kaya nasa panganib sila.

C. Pagpakitang-tao Para Ilihis ang mga Tao at Magpabango sa mga Ito

Ano pang mga teknik ang karaniwang ginagamit ng mga anticristo para kunin ang loob ng mga tao? May isa pang sitwasyon, na anuman ang ginagawa ng mga anticristo, hindi nila ito ginagawa sa harapan ng Diyos, kundi sa harapan ng mga tao. Ano ang layon nila roon? (Ang akitin ang mga tao.) Ito ay ang akitin ang puso ng mga tao. Sa panlabas, mas handa silang magdusa at magbayad ng halaga kaysa sa iba; mukha silang mas espirituwal kaysa sa iba, mas tapat sa Diyos, at mas seryoso sa tungkulin nila. Pero kapag walang nagbabantay sa kanila, hindi sila ganoon kumilos. Hindi nila tunay na intensyong kumilos sa ganoong paraan; sa halip, may nakatago silang motibo. Ganoon sila umasal sa harap ng iba para makita ng mga taong iyon kung gaano sila kabuti kumikilos, at na ginagawa nila ang kanilang mga tungkulin nang may ganoong katapatan, pero sa katunayan, hinding-hindi katapatan ang panloob nilang motibasyon.

Ang pakay nila ay ang makita sila ng mga tao bilang tapat at responsable. Lubusan nilang kinukumbinsi ang iba sa pamamagitan ng pagbabayad ng halaga sa ganitong paraan. Dahil dito, handang tanggapin ng ibang tao ang kanilang pamumuno, at na patawarin sila anumang pagkakamali ang magawa nila. Anong uri ito ng pag-uugali? Pagpapakitang-tao ito para ilihis ang mga tao. Ano ang ibig sabihin ng “pagpapakitang-tao” rito? Ang ibig sabihin nito ay mabubuting pag-uugali, at mga pagkilos na mukhang naaayon sa katotohanan. Ang pagpapakitang-tao na mukhang naaayon sa katotohanan para ilihis ang mga tao at magpabango sa mga ito—binubuod nito ang mga katangian ng pag-uugaling ito, hindi ba? Ang layon nila sa huli ay ang magpabango sa mga tao. Kapag nakapagpabango na sa mga tao ang mga anticristo, may kaunting paggalang na sila sa mga ito—magkakaroon ang mga anticristo ng partikular na katayuan sa puso nila gamit ang pamamaraang ito. Halimbawa, may isang uri ng tao na handang magbayad ng halaga sa paggampan niya ng kanyang tungkulin, kadalasang dumedepende sa karanasan sa mga pagkilos niya, at sa pangkalahatan ay hindi lumalabag sa alinman sa mga pangunahing prinsipyo, pero kapag nagbabahagi ka sa kanya tungkol sa paghahanap sa mga katotohanang prinsipyo, ano ang sinasabi niya? “Hindi mo na kailangang magbahagi sa akin ng tungkol dito. Nasa isipan ko na ang lahat ng bagay na ito!” Kapag may problema talaga siyang kinakaharap, hindi lang sa hindi siya naghahanap, ayaw rin niyang makinig sa payo ng sinuman, lalo na sa opinyon ng mga ito; ginagawa lang niya ang anumang sa tingin niya ay mabuti. Kapag nagbabayad siya ng halaga, kapag ang mga kilos niya ay pinagmumukha siyang mabilis at desidido at nagtataglay ng partikular na awtoridad, paano siya nakikita ng ibang tao sa puso ng mga ito? Mabango ba siya para sa kanila, o hindi? Sa pananaw ng ibang tao, hindi niya nilabag ang katotohanan sa anumang mga halatang paraan, at napakahusay niya sa paggawa niya ng mga bagay-bagay. Ang antas ng “katapatan” niya at ang karanasan niya sa paggawa ng kanyang mga tungkulin ay sapat para makumbinsi ang iba. Iniisip ng mga tao, “Tingnan mo siya: Maraming taon na siyang nananampalataya sa Diyos, at may karanasan na siya sa paggawa ng tungkuling ito. Batikan na siya. Hindi natin iyon magagawa.” Kapag ang mga tao ay may ganoong positibong pananaw sa kanila, matimbang ba siya sa puso ng mga taong iyon o hindi? (Matimbang.) Matimbang; matimbang siya sa puso ng mga ito. May ilang tao na hindi kailanman naghahanap sa katotohanan, bahagyang dahil sa wala silang espirituwal na pang-unawa, at bahagya ring dahil sa wala silang interes sa katotohanan, at hindi talaga nila minamahal ang katotohanan, at lubusan silang walang pang-unawa kung ano ang mga katotohanang prinsipyo. Ganap lang silang nakadepende sa lumilipas nilang sigla, sa sarili nilang magagandang intensyon, at sa mga taon ng karanasan nila para magawa ang kanilang mga tungkulin. Gayumpaman, ayaw nilang ipaalam sa ibang tao ang mga bagay na ito, kaya ginagawa nila ang lahat para magsikap nang husto at magbayad ng halaga. Kung matutuklasan ng sinuman na wala silang espirituwal na pang-unawa, o na hindi nila nauunawaan ang katotohanan, at ginagawa nila ang mga bagay-bagay nang walang

prinsipyo, mabilis silang maglalabas ng ilang mga nagawa para makita ng mga tao. Sasabihin nila, “Tingnan ninyo para makita ninyo kung may espirituwal na pang-unawa talaga ako o wala. Pagmasdan ninyo; tingnan ninyo kung talagang kumikilos ako nang may prinsipyo o hindi, kung naiintindihan ko ba talaga ang katotohanan.” Sa pagkilos nila nang ganito, maraming tao ang naililigaw nila. Sinasabi nila, “Bihasa ang mga taong iyon sa paggawa ng kanilang mga tungkulin, at nauunawaan nila ang mga prinsipyo; tayo ang hindi nakakaunawa.” “Tayo ang hindi nakakaunawa”—ano ang ibinubunyag ng pahayag na ito? Ibinubunyag nito na sa kaibuturan, sinasang-ayunan nila ang panlabas na magandang pag-uugali ng mga taong iyon. Ano ang katumbas ng pagsang-ayon na ito? Katumbas ito ng pag-iisip na mga tao silang nagsasagawa ng katotohanan, nagmamahal sa Diyos, at tumatanggap ng paggawang perpekto sa kanila ng Diyos. Hindi ba’t tinatasa sila ng iba sa paraang katumbas ng pag-okupa nila ng partikular na katayuan sa puso ng mga tao? Sa mas partikular, masasabing may isang uri sila ng prestihiyo. Kaya, ano ang idinudulot sa kanila ng prestihiyong ito? Idinudulot nitong hangaan sila ng iba, tingalain sila, at dumepende pa nga sa kanila. Paano dumedepende ang iba sa kanila? Sa sandaling magkaroon ang mga ito ng problema, agad silang hinahanap ng mga ito. Ipagpalagay nating sinabi ng isang tao, “Isa itong malaking isyu, at hindi natin ito nauunawaan; dapat nating tanungin ang ang Itaas, hindi ba?” Sasabihin naman ng ilan, “Hindi na kailangan. Puwede namang tanungin na lang natin ang lider natin. Nauunawaan itong lahat ng lider natin.” Nasa isip ng lahat na madalas abala ang mga lider at manggagawa sa kanilang gawain at wala silang nagawang masama, at dahil dito, iniisip ng mga ito na tiyak na mga tao silang nakakaunawa sa katotohanan at kumikilos nang may mga prinsipyo. Ano ang masasabi mo sa sentimyentong ito? Kung hindi hayagang gumawa ng masama ang isang tao, ibig sabihin ba niyon ay nauunawaan niya ang katotohanan? Hindi talaga ganoon. May limitasyon sa pang-unawa ng sinumang tao sa katotohanan. Kung ikaw, dahil sa paniniwalang nauunawaan ng mga lider ang lahat, ay hindi nananalangin sa Diyos, naghahanap mula sa Kanya, o naghahanap sa Kanyang mga salita, anuman ang problemang mayroon ka, kundi dumideretso ka sa isang lider para magtanong tungkol dito, hindi ba’t maaantala nito ang mga bagay-bagay? Kung palagi mong ginagawa ang sinasabi ng mga lider, palagi silang tinitingala, maaaring hindi maging maganda ang takbo ng ilang bagay, at maaaring magdulot ka ng mga kawalan sa gawain ng iglesia. Ito ang dahilan kung bakit ang pagsamba at pagtingala sa mga tao ang pinakamadaling paraan para maligaw ng landas at magkamali, para magdulot ng kawalan sa sarili mong buhay, at sa sambahayan ng Diyos at sa gawain ng iglesia.

May tatlong pangunahing pagpapamalas ng mga anticristo sa pagkuha ng loob ng mga tao: Ang una ay pang-aakit sa mga tao gamit ang maliliit na pabor; ang pangalawa ay pagpapakitang-gilas ng kanilang mga kalakasan, kaloob, at talento; ang pangatlo ay pagpapakitang-tao para ilihis ang mga tao at magpabango sa kanila. Makikita sa lahat ng tao ang mga pagpapamalas na ito. Madalas nagbubunyag ang ilang tao ng ilang

tsismis na hindi alam ng iba, pinag-uusapan ang lahat ng uri ng paksa, o nagbabahagi ng ilang natatangi at ekspertong opinyon. Ano ang tawag dito? May isang kasabihang may dalawang bahagi na ganito ang sinasabi: “Naglalagay ng kolorete ang isang matandang babae—para bigyan ka ng isang bagay na titingnan.” Palaging gustong ipakita ng mga taong ito ang mga kasanayan nila at tingalain sila ng mga tao. Pero minsan, hindi nila ito nagagawa nang maayos, at may mga nakikitang kamalian sa kanila ang mga tao, kaya dahil dito ay ginagawa nila ang lahat ng makakaya nila para remedyuhan ang sitwasyon at takasan ito sa pamamagitan ng pakikipagtalo. Anuman ang mga bagay na nagawa nila na labag sa kanilang konsensiya at sa katotohanan, o na hindi nauugnay sa paggawa ng mga tungkulin nila, hindi sila kailanman marunong umamin ng pagkakamali o magnilay sa sarili nila at magsisi, ni hindi nila napagtatanto kung gaano kaseryoso ang isyung ito. Sa kabilang banda, labis silang nag-iisip at pinipiga nila ang utak nila para makahanap ng mga paraan upang makipagtalo para sa sarili nila at magpaliwanag para mapakalma ang mga bagay-bagay. Atat na atat silang makamit ang mga layon nila, sa puntong hindi na sila makakain o makatulog, natatakot na dumanas ng bigla at mapanirang pagbaba ang magandang pagtingin sa kanila ng iba. Iniisip, halimbawa, ng ilang tao na magaling silang magsulat, na mahuhusay silang manunulat; iniisip ng ilan na magagaling silang lider, na mga haligi silang sumusuporta sa iglesia; iniisip ng iba na mabubuti silang tao. Sa sandaling mawala sa mga taong ito ang magandang imahe ng kanilang sarili sa kung anupamang dahilan, pinag-iisipan nila ito nang husto at nagbabayad sila ng halaga para sa kapakanan nito, pinipiga ang utak nila sa pagsubok na remedyuhan ang sitwasyon. Gayumpaman, hindi sila kailanman nakakaramdam ng hiya, o ng paninisi sa sarili nila, o ng pagkakautang sa Diyos dahil sa mga maling landas na tinahak nila, o para sa iba’t ibang bagay na ginawa nila na lumabag sa katotohanan. Hindi sila kailanman nagkaroon ng ganoong uri ng pakiramdam. Ginagamit nila ang lahat ng uri ng taktika para ilihis ang mga tao at kunin ang loob nila. Paggawa ba ito ng tungkulin ng isang nilikha? Talagang hindi. Lyon ba ang gawaing dapat ginagawa ng mga lider ng iglesia? Talagang hindi. Namumuhay sila sa pamamagitan ng mga satanikong disposisyon, gumagawa ng kasamaan at ginagambala ang gawain ng iglesia, at ginugulo at ginagambala ang gawain ng sambahayan ng Diyos. Kung huhusgahan batay sa kanilang mga kilos at pag-uugali, sa mga landas na kanilang tinatahak, at sa iba’t iba nilang pag-uugali na nagliligaw sa mga tao at nagkokontrol sa mga ito, hindi nila ginagawa ang tungkulin ng isang lider, kundi ginigiba at ginagambala ang gawain ng Diyos ng pagliligtas sa tao, pinipigilan ang mga taong lumapit sa Diyos, at tinatangkang panatilihin ang mga tao sa sarili nilang mga kamay, sa ilalim ng kanilang kontrol. Hindi ba’t mga kilos at pag-uugali ang mga ito ng isang anticristo? Walang duda tungkol dito. Sapat na patunay na ito na ganap na ginagampanan ng mga anticristo ang papel ni Satanas. Kung huhusgahan batay sa kalikasan ng mga bagay na ito na kanilang ginagawa, hindi lang sa hindi nila nagagawa nang maayos ang tungkuling dapat nilang gawin—bagkus ay ginagampanan pa nila ang papel ni Satanas. Ang lahat ng ginagawa

nila ay talagang pakikipag-agawan sa Diyos para sa hinirang na mga tao Niya. Ang mga tupang sa Diyos ay dapat sumunod sa Diyos at makamit Niya, pero pinipigilan ng mga taong ito ang iba na sumunod sa Diyos; napapasakamay nila ang mga tupa ng Diyos at kinokontrol ang mga ito, at inuudyukan ang mga taong sambahin sila at sumunod sa kanila. Iyon ang kalikasan ng mga kilos nila. Matatawag bang “mga lider” ang ganoong mga tao? (Hindi.) Puwes, ano ang dapat nating itawag sa kanila? (Masasamang tagapaglingkod.) “Masasamang tagapaglingkod”—akmang pangalan iyon. “Mga anticristo,” “masasamang tagapaglingkod”—sapat na ang parehong titulong ito, hindi ba? Ginagamit ng mga taong ito ang paggawa ng tungkulin ng isang lider bilang panakip, pero hindi nila ginagawa ang dapat gawin ng isang lider. Ang ginagawa nila ay talagang hindi ang paggampan sa tungkulin ng isang lider, pagganap ito sa papel ng isang anticristo, humahalili kay Satanas para guluhin at wasakin ang gawain ng sambahayan ng Diyos, at inililihis ang hinirang na mga tao ng Diyos sa pag-iwas sa tunay na landas at pag-iwas sa Diyos. Ibinubunyag ng lahat ng kilos at pag-uugali nila ang disposisyon at kalikasan ni Satanas, at nakakamit nito ang resulta ng pagdulot sa mga taong iwasan ang Diyos, tanggihan ang katotohanan at ang Diyos, at sumamba at sumunod sa kanila. Isang araw, kapag ganap na nilang nailihis ang mga tao at nadala sa ilalim ng kontrol nila, magsisimula silang sambahin, sundan, at sundin ng mga tao. Sa gayon ay nakamit na nila ang layon nila sa pagsilo sa puso ng mga tao. Mga lider sila ng iglesia, pero hindi nila ginagawa ang gawaing ipinagkatiwala sa kanila ng Diyos; hindi nila ginagawa ang gawain ng mga lider at manggagawa. Sa halip, kumikilos sila laban sa hinirang na mga tao ng Diyos, inililihis ang mga ito, sinisilo ang mga ito, at kinokontrol ang mga ito, napapasakamay ang mga tupang malinaw na pag-aari ng Diyos, dinadala sa ilalim ng kontrol nila. Hindi ba’t mga magnanakaw sila at bandido? Sa pakikipag-agawan gaya ng ginagawa nila sa Diyos para sa hinirang na mga tao Niya, hindi ba’t nagsisilbi silang mga alipin ni Satanas? Hindi ba’t mga kaaway ng Diyos ang ganoong mga anticristo? Hindi ba’t sila ang kaaway ng hinirang na mga tao Niya? (Sila nga.) Isang daang porsiyento na sila nga. Mga kaaway sila ng Diyos at ng Kanyang hinirang na mga tao; ito ay walang kaduda-duda.

Noong nagsasalita at gumagawa pa Ako sa lahat ng iglesia sa mainland Tsina, may kasama Akong responsable para sa mga audio recording at pagtatranskrayb ng mga sermon. Medyo biniyayaan ang taong ito, matalas ang kanyang isip at mabilis siyang tumugon. Pero may isang bagay tungkol sa kanya: Magaling siya sa pagsasabi ng mga kaaya-ayang-pakinggang bagay na gustong marinig ng mga tao. Kung sinabi mong masarap ang isang pagkain, sasabihin niya, “Tama ka. Sinubukan ko ito. Masarap ito.” Kung sinabi mong mainit sa labas, sasabihin niya, “Oo nga. Pawis na pawis nga ako.” Kung sinabi mong malamig sa labas, sasabihin niya, “Malamig, totoo. Nakasuot nga ako ng sapatos na may linya ng balahibo ng tupa.” Hirap siyang magsabi ng totoo o tapat. Para siyang isang taong talagang naghangad, pero noong may nangyari na nangailangang magbayad ng halaga, nagtago siya. Tuso at mapanlinlang siya. Ganoon siyang uri ng tao. Maaaring tanungin ng ilan, “Puwes, bakit Mo pinili ang taong tulad niyon?” Hindi Ko siya

pinili—pinagpasyahan iyon ng mga sitwasyon noong panahong iyon. Mahirap pa ngang humanap ng taong tulad niya noon, at kahit papaano ay mabilis siyang tumugon—pipindutin niya ang “record” sa tuwing magsisimula Akong magsalita. Nakasunod siya sa Akin sa buong lugar, nire-record at tinatranskrayb ang mga sermon; gumawa siya ng ilang tunay na gawain. Pero ang paraan ng pag-asal niya sa presensiya Ko at ang mga bagay na ginawa niya sa iglesia ay parang kilos ng dalawang ganap na magkaibang tao. Sa presensiya Ko, nagpanggap siyang masunurin, maayos ang pag-uugali, masipag, maingat, at responsable—pero ganoon ba siya noong ginawa niya ang tungkulin niya sa iglesia? Dahil ganoon siya noong nakikipag-ugnayan pa siya sa ang Itaas, ganoon din ba siya noong kasama niya ang hinirang na mga tao ng Diyos? Mangangahas ka bang mag-alok ng tiyak na sagot dito? Hindi, hindi ka mangangahas. Kung gayon, paano mo malalaman kung ano ang tunay niyang sitwasyon? Para magawa iyon, dapat nakikipag-ugnayan ka sa kanya. Pagkatapos mong makisalamuha sa kanya nang ilang panahon, lalabas ang lahat ng nasa kalikasang diwa niya. Minahal niya lalo na ang katayuan, at partikular na banidoso siya; sa tuwing kasama niya ang sinuman, gustong-gusto niya talagang pag-usapan ang tungkol sa kapital niya, at ipakitang-gilas ang mga bagay na kaya niyang gawin, ang mga bagay na nagawa na niya, kung gaano siya nagdusa, at kung gaano siya kagaling. Ginawa niya ang mga bagay na ito at nagsalita nang ganito nang napakadalas, at ibang tao talaga siya kumpara noong naroon Ako. Bukod pa rito, sinumang nasa paligid niya ay nakaramdam na napigilan at na-bully, at hindi nangahas na magsabi ng anumang tungkol dito. Ano ang pinakamalaking problema rito? Kinuha niya itong katiting na gawaing ginagawa niya, itong katiting na tungkuling ginagawa niya, at itinuring itong kapital na ipapakitang-gilas saan man siya magpunta. Sa anong antas niya ipinakitang-gilas ito? Tiningala, sinamba, at kinainggitan siya ng lahat. Sa wakas, sinabi nila, “Sobrang nagdusa ang lalaking ito para sa Diyos. Tingnan mo na lang ang pananalig na mayroon siya, at ang pagmamahal niya para sa Diyos! Hindi man lang tayo maihahalintulad sa isang hibla ng buhok sa ulo niya. Napakababa natin kumpara sa kanya!” Palagi siyang binabanggit ng mga tao, at iniisip ng mga taong hindi Ako makasalamuha na ang makasalamuha siya ay para na ring pakikisalamuha sa Akin. Sa bandang huli ay umabot na sa lebel na ito ang impluwensiya niya sa kaalaman, mga iniisip, at isipan ng mga tao. Para makarating sa puntong ito, tiyak na marami-raming bagay siyang nasabi at nagawa, hindi ba? Tiyak na hindi lang ilang salita ang ginamit niya para banggitin kung anong mga tungkulin ang nagawa niya, tiyak na nagsalita siya at tinalakay niya ang tungkol sa mga bagay na ito nang detalyado; higit pa rito, may mga sarili siyang motibo at mithiin, may sinabi siyang ilang bagay na maaaring manghalina at maglihis sa mga tao, para sambahin siya ng mga tao, at nakamit niya ang layon niya sa huli. Ano ang tingin mo sa ganitong uri ng tao? Mabuti para sa kanya ang magawa niya ang tungkulin niya sa tabi Ko, para man sa pagkatuto niya kung paano umasal o sa pagkakamit ng katotohanan. Isa iyong oportunidad para maaga siyang magawang perpekto. Sa kasamaang-palad, hindi niya pinahalagahan ang oportunidad na ito. Hindi

niya nakita kung gaano kahalaga at kaimportante ang oportunidad na ito, o na isa itong landas, pundasyon, at mapagkukunan para makamit ang katotohanan at matamo ang kaalaman tungkol sa Diyos. Sa halip, ginamit niya ang oportunidad na ito para makamit ang sarili niyang layon na mangibabaw sa karamihan at makuha ang loob ng mga tao. Nagdulot iyon ng problema; maling landas ang nilalakaran niya. Sabihin mo sa Akin, habang walang pakundangan niya talagang ipinapakalat kung gaano siya nagdusa, kung paano siya ginabayan ng Diyos, at kung paano siya tinrato ng Diyos, at kung paano siya pinagkatiwalaan ng Diyos, nahalata ba niya na may personal na intensyon dito? (Oo.) Nagawa niya dapat. Hindi ito isang bagay na imposibleng mahalata. Napagtanto niya ito—kaya bakit hindi niya nagawang pigilin ang masasamang gawa niya? Dahil hindi niya minahal ang katotohanan; impluwensiya at katayuan lang ang gusto niya. Kapag nagpakita ng katiwalian ang isang taong nagmamahal talaga sa katotohanan, kapag nagpapatotoo siya kung paano siya nagdusa, pakiramdam niya ay mapanisi at mapagparatang siya sa kanyang sarili. Pakiramdam niya ay ubod ng sama ang ginawa niya at lumalaban sa Diyos, at na hindi na niya iyon dapat ulitin. Kapag gusto niya itong gawin ulit sa hinaharap, nagagawa niyang pigilan ang sarili niya at ihinto ang paggawa niya ng ganoong mga bagay. Labis na normal iyon. Pero sa ganoong mga panahon, kahit na sawayin sila ng kanilang konsensiya, hindi makontrol ng mga anticristo ang matinding ambisyon at pagnanais nila, at kahit na pungusan sila, hindi nila tatanggapin ang katotohanan. Bakit lumalala at lumolobo ang kalikasan nila sa paraang hindi na maibabalik pa? (Dahil hindi nila minamahal ang katotohanan.) Sa kalikasan nila, hindi nila minamahal ang katotohanan. Kung gayon, ano ang minamahal nila? (Minamahal nila ang katayuan.) Ano ang maidudulot sa kanila ng katayuan? Sasambahin sila ng mga tao, titingalain, at kaiinggitan dahil dito. Sa huli, ang layon nila ay ang tamasahin ang parehong katayuan at pagtrato gaya ng sa Diyos, pati na rin ang karangalan, kaligayahan, at kagalakang dala ng katayuang ito sa kanila. Matapos mapakinggan ang lahat ng kasasabi Ko lang, hindi ba kayo nasusuklam? (Oo.) May iba pang ginawa ang taong iyon na mas kasuklam-suklam. Kalaunan, nagkasakit siya at bumalik sa bayan niya, at dahil doon, mas naramdaman niyang nararapat lang na tamasahin niya ang mga pakinabang ng katayuan. Sa tingin ninyo, paano siya kikilos habang nasa ilalim ng kontrol ng kaisipang ito? Hindi ba't hihingin niyang bigyan siya ng mga tao ng mas higit pang, mas mabuting pagtrato? (Oo.) Bakit niya ito hiningi? Hindi ba niya naramdamang sobra na ito o hindi na makatwiran? Pakiramdam niya ay karapat-dapat siya para dito. Naisip niya, “Nagdusa ako nang labis para sa diyos, at para sa aking mga kapatid. May karapatan ako para dito; nagkasakit ako dahil labis akong nagdusa, kaya dapat akong pagserbisyuhan ng aking mga kapatid.” Habang may sakit siya, hindi siya gumawa ng anuman; nakahiga lang siya sa kama maghapon, nagpapaalaga sa iba at hinahayaan silang pakainin siya. Matapos niyang mahiga roon nang napakatagal, nagsimula na siyang mainip, kaya nagpapahatid siya ng pagkain at inumin sa mga tao at nagpapasama siyang lumabas para mawala ang pagkainip niya. Medyo kasuklam-suklam ito, hindi ba?

Kung tunay ngang ganoon kalubha ang sakit niya, hindi sana ito naging isang malaking usapin; kung hindi talaga iyon ganoon kalubha, tiyak na labis na walang katwiran ang pag-uugali niya, hindi ba?

May ilang taong tila talagang masigla sa pananampalataya nila sa Diyos. Gustong-gusto nilang mag-asikaso at magmalasakit sa mga gawain ng iglesia, at palagi silang nangunguna. Gayumpaman, sa hindi inaasahan, nadidismaya nila ang lahat sa sandaling maging mga lider na sila. Hindi sila tumutuon sa paglutas sa mga praktikal na problema ng hinirang na mga tao ng Diyos, sa halip ay ginagawa nila ang lahat ng makakaya nila upang kumilos para sa kapakanan ng sarili nilang reputasyon at katayuan. Gustong-gusto nilang magpakitang-gilas para tingalain sila ng iba, at palagi nilang ikinukuwento kung paano nila ginugugol ang sarili nila at paano sila nagpapakasakit para sa Diyos, pero hindi nila inilalaan ang mga pagsisikap nila sa paghahangad sa katotohanan at sa buhay pagpasok nila. Hindi ito ang inaasahan sa kanila ng sinuman. Kahit na nagpapakaabala sila sa gawain nila, nagpapasikat sa bawat okasyon, nangangaral ng ilang salita at doktrina, nakakamit ang pagtingala at pagsamba ng ilang tao, inililihis ang puso ng mga tao, at pinatatatag ang katayuan nila, ano ang resulta nito sa huli? Kung gumagamit man ang mga taong ito ng maliliit na pabor para suhulan ang iba, o nagpapakitang-gilas ng kanilang mga kaloob at abilidad, o gumagamit ng iba't ibang pamamaraan para ilihis ang mga tao at sa pamamagitan noon ay matamo ang pagiging mabango sa mga ito, anumang pamamaraan ang gamitin nila para makuha ang loob ng mga tao at magkaroon ng katayuan sa puso ng mga ito, ano ang nawala sa kanila? Nawala sa kanila ang oportunidad na makamit ang katotohanan habang ginagawa ang mga tungkulin ng isang lider. Gayundin, dahil sa iba't ibang pagpapamalas nila, naipon nang naipon ang masasama nilang gawa na magdadala ng kanilang pangwakas na kalalabasan. Gumagamit man sila ng maliliit na pabor para manuhol at mambitag ng mga tao, o nagpapasikat ng kanilang mga sarili, o nagpapakitang-tao para ilihis ang mga tao, at gaano man karaming benepisyo at gaano man kalaking kasiyahan ang tila nakukuha nila sa paggawa nito sa panlabas, kung titingnan ito ngayon, tama ba ang landas na ito? Ito ba ang landas ng paghahangad sa katotohanan? Isa ba itong landas na makapagdadala ng kaligtasan sa isang tao? Malinaw na hindi. Gaano man katalino ang mga pamamaraan at pandarayang ito, hindi maloloko ng mga ito ang Diyos, at ang lahat ng ito sa huli ay kokondenahin at kasusuklaman ng Diyos, dahil nakatago sa likod ng ganoong mga pag-uugali ay ang matinding ambisyon ng tao at isang saloobin at diwa ng antagonismo sa Diyos. Sa puso ng Diyos, talagang hindi Niya kailanman kikilalanin ang mga taong ito bilang mga taong gumagawa ng kanilang mga tungkulin, at sa halip ay ilalarawan Niya ang mga ito bilang mga taong gumagawa ng masama. Anong hatol ang ipinapataw ng Diyos kapag tinatrato ang mga taong gumagawa ng masama? “Magsilayo kayo sa Akin, kayong manggagawa ng katampalasanan.” Kapag sinabi ng Diyos, “Magsilayo kayo sa Akin,” saan Niya gustong pumunta ang ganoong mga tao? Ipinapasa Niya ang mga ito kay Satanas, sa mga lugar na pinamumuhayan ng mga

pulutong ng mga Satanas. Ano ang pangwakas na kahihinatnan para sa kanila? Pahihirapan sila ng masasamang espiritu hanggang sa mamatay sila, na ang ibig sabihin ay lalamunin sila ni Satanas. Hindi gusto ng Diyos ang mga taong ito, na nangangahulugang hindi Niya ililigtas ang mga ito, hindi sila mga tupa ng Diyos, lalong hindi mga tagasunod Niya, kaya hindi nabibilang ang mga ito sa mga taong ililigtas Niya. Ganito inilalarawan ng Diyos ang mga taong ito. Kaya, ano talaga ang kalikasan ng pagtatangkang kunin ang loob ng mga tao? Ito ay paglakad sa landas ng isang anticristo; pag-uugali at diwa ito ng isang anticristo. Higit pang malubha rito ay ang diwa ng pakikipag-agawan sa Diyos para sa hinirang na mga tao Niya; mga kaaway ng Diyos ang ganoong mga tao. Ganito inilalarawan at ikinakategorya ang mga anticristo, at ganap na tumpak ang lahat ng ito.

Enero 22, 2019

Ikalawang Aytem: Binabatikos at Inihihiwalay Nila ang mga Hindi Sumasang-ayon

Natapos na nating pagbahaginan ang tungkol sa pagkuha sa loob ng mga tao, ang unang pagpapamalas ng pagkontrol ng mga anticristo sa mga tao, at ngayon naman ay pagbabahaginan natin ang pangalawang pagpapamalas. Ang pangalawang paraan na ginagamit ng mga anticristo upang kontrolin ang mga tao ay ang pambabatikos at paghihiwalay sa mga taong hindi sumasang-ayon. Ang unang paraan ay may kaakibat na panlilihis sa mga tao at pagkuha sa loob ng mga ito; kapag nagsasalita ang isang taong tulad nito, sa panlabas, tila masyadong mahinahon at naaayon sa mga kuru-kuro ng tao ang mga ito, at hindi nagdudulot ng anumang pinsala sa iba; medyo maingat siya sa pagsasalita at hindi madaling mawari; hindi nakikita ng iba ang kanyang masasamang intensyon at ang kanyang mapaminsala, malupit, at palaban na mga pagpapamalas; at pawang mga tusong kaparaanan ang ginagamit niya. Ang pangalawang paraan, ang pambabatikos at paghihiwalay sa mga taong hindi sumasang-ayon, ay mas halata. Mula sa kahulugan ng mga salitang “batikusin at ihiwalay,” masasabi na hindi positibo ang mga ito kundi mapanghamak. Ang paraang ito ng pambabatikos at paghihiwalay ay isang bagay na malinaw na nakasapubliko at nakikita ng lahat. Tulad lang ito ng mga bungangerang nagtatalan sa kalsada, inilalantad ang mga pagkukulang ng isa’t isa, prangka at diretsahan ang kanilang mga salita, nauunawaan ng lahat ng nakaririnig sa mga ito. May pagka-agresibo ang kanilang mga salita, walang pagtitimpi at sa halip ay sadyang mapambatikos. Ang lantarang panunupil ng mga anticristo sa mga tao, pagbubukod sa mga tao, pambabatikos laban sa mga tao, at paglalantad sa mga problema ng mga tao ay pawang may pinupuntirya. Walang pag-aalinlangan, ginagamit nila ang mga kaparaanang tulad nito para puntiryahin ang mga naghahangad sa katotohanan at nakakakilatis sa kanila. Sa pagsira sa mga taong ito, nakakamit nila ang layon na patatagin ang sarili nilang posisyon. Ang pambabatikos at paghihiwalay sa mga tao nang ganito ay likas na mapaminsala. May pagka-agresibo ang kanilang pananalita at paraan ng pagsasalita: paglalantad, pagkokondena, paninirang-puri, at malupit na pambabatikos. Binabaluktot pa nila ang mga katunayan, nagsasabi ng mga positibong bagay na para bang negatibo ang mga iyon at ng negatibo na para bang positibo ang mga iyon. Isinasakatuparan ng pagbabaligtad ng itim at puti at paghahalo-halo ng tama at mali nang ganito ang layon ng mga anticristo na talunin ang mga tao at sirain ang reputasyon ng mga ito. Anong pag-iisip ang nag-uudyok sa pambabatikos at paghihiwalay na ito sa mga hindi sumasang-ayon? Kadalasan, nagmumula ito sa inggit. Sa isang malupit na disposisyon, ang inggit ay may kasamang matinding pagkamuhi; at dahil sa inggit nila, binabatikos at inihihiwalay ng mga anticristo ang mga tao. Sa sitwasyong katulad nito, kung ang mga anticristo ay malalantad, maiuulat, mawawalan ng katayuan, at makakaranas ng pagkadismaya, magiging tutol at di-kontento, at magiging mas madali pa nga para sa kanila na maging labis na mapaghiganti. Ang pagiging mapaghiganti ay

isang uri ng pag-iisip, at isang uri din ito ng tiwaling disposisyon. Kapag nakikita ng mga anticristo na nakasisira sa kanila ang ginawa ng isang tao, na mas may kakayahan ang iba kaysa sa kanila, o na mas maganda o mas madunong ang mga pahayag at mungkahi ng isang tao kaysa sa kanila, at sumasang-ayon ang lahat sa mga pahayag at mungkahi ng taong iyon, nadarama ng mga anticristo na nanganganib ang kanilang posisyon, umuusbong ang inggit at pagkamuhi sa kanilang puso, at nambabatikos at naghihiganti sila. Kapag naghihiganti, karaniwan na ang mga anticristo ang unang umaatake sa kanilang pinupuntirya. Maagap sila sa pag-atake at pagpapabagsak sa mga tao, hanggang sa magpasakop ang mga ito. Saka lamang nila madarama na nakapaglabas na sila ng galit. Ano ang iba pang mga pagpapamalas ng pambabatikos at paghihiwalay sa mga tao? (Paghamak sa iba.) Ang paghamak sa iba ay isa sa mga paraan ng pagpapamalas nito; gaano ka man kahusay sa paggawa ng iyong trabaho, hahamakin o kokondenahin ka pa rin ng mga anticristo, hanggang sa ikaw ay maging negatibo at mahina at hindi na makatayo. Pagkatapos ay matutuwa sila, at naisakatuparan na nila ang kanilang layon kung magkagayon. Bahagi ba ng kahulugan ng paghamak sa iba ang pagkondena? (Oo.) Paano kinokondena ng mga anticristo ang mga tao? Pinalalaki nila ang maliliit na bagay. Halimbawa, may ginawa kang isang bagay na hindi naman problema, ngunit nais nila itong palakihin para batikusin ka, kaya nag-iisip sila ng lahat ng uri ng paraan para gamitin ito bilang sandata laban sa iyo, at kondenahin ka sa pamamagitan ng pagpapalaki sa isang maliit na bagay, nang sa gayon ay isipin ng ibang nakikinig na may katuturan ang sinasabi ng mga anticristo at na may ginawa kang mali. Dahil dito, naisakatuparan na ng mga anticristo ang kanilang layon. Ito ang pagkondena, pambabatikos, at paghihiwalay sa mga hindi sumasang-ayon. Ano ang ibig sabihin ng paghihiwalay? Ang ibig sabihin nito ay na sa puso nila, alam nila na tama ang ginawa mo, ngunit sila ay naiinggit at napopoot sa iyo, sadyang sinisikap na batikusin ka, kaya sinasabi nila na mali ang ginawa mo. Pagkatapos ay gagamitin nila ang sarili nilang mga pananaw at maling pahayag para talunin ka sa debate, nagsasalita sa nakakahikayat na paraan para madama ng lahat ng nakikinig na tama at maganda ang sinasabi nila; pagkatapos, ang lahat ng taong iyon ay sasang-ayon sa kanila, at papanig sa kanila upang labanan ka. Ginagamit ito ng mga anticristo para batikusin ka, para gawin kang negatibo at mahina. Dahil dito, nakamtan na nila ang kanilang layon ng pambabatikos at paghihiwalay sa mga hindi sumasang-ayon. Ang paghihiwalay sa mga hindi sumasang-ayon ay maaaring mangyari kung minsan sa harapang debate, o kung minsan ay sa paghusga sa isang tao, paglikha ng gulo, paninira sa kanya, at pag-imbento ng mga kuwento tungkol sa kanya habang nakatalikod siya. Halimbawa, kapag gusto ng isang anticristo na ihiwalay ang isang hindi sumasang-ayon, inaalam muna niya kung sino ang kasundo ng hindi sumasang-ayong ito. Pagkatapos, pinupuntahan niya ang taong iyon at sinasabi: “Alam mo ba, sinabi ni ganito na wala kang kakayahan, na mahina ang abilidad mo na umarok at wala kang espirituwal na pang-unawa, at na ginagawa mo ang mga tungkulin mo nang walang mga prinsipyo. Nakipagtalo ako sa kanya dahil sa

palagay ko ay isa ka naman talagang mabuting tao.” Pagkatapos maghasik ng alitan, sasama ang ugnayan ng dalawang taong ito. Nananatili ang anticristo sa isang tabi, patuloy na ginagatungan ang di-pagkakasundo hanggang sa tuluyan nang masira ang ugnayang iyon. Sa ganitong paraan, nagpapakana ang anticristo ng di-pagkakasundo sa pagitan ng mga tao at ng hindi sumasang-ayon, nagdudulot sa mga tao na lumayo sa hindi sumasang-ayon upang makamit ang layon na ibukod ito. Patuloy siyang naghahanap ng mga pagkakataon upang makahanap ng sandata laban sa hindi sumasang-ayon, hanggang sa matalo na ito at masira na ang reputasyon nito. Ang tingin ng anticristo rito ay pagpapabagsak sa isang kalaban upang hindi na maging banta ang taong ito sa kanyang katayuan. Naniniwala ang anticristo na pinakamainam nang supilin ang isang hindi sumasang-ayon, ngunit kung hindi ito masusupil ay gagawin ng anticristo ang lahat upang ibukod at ihiwalay ito. Kung hindi ito maihihiwalay, patuloy na idudulot ng anticristo na ibukod ito, kalaunan ay nasusupil ito at napipilit na magmakaawa. Nanghahatak at gumagamit ang anticristo ng ilang puwersa upang batikusin ang mga tao na naghahangad sa katotohanan o ang mga kasalungat niya ng opinyon. Pinagwawatak-watak niya ang iglesia at hinahati-hati ito sa mga paksiyon, at sa huli ay nahahati ang iglesia sa dalawa o tatlong grupo—isang grupo na nakikinig sa kanya, isang grupo na hindi, at isang grupo na walang pinapanigan. Sa ilalim ng kanyang “pambihirang” paggabay, parami nang parami ang mga taong nakikinig sa kanya, at paunti nang paunti ang hindi. Mas maraming tao ang sumusuko sa kanya, at ang mga taong naiiba ang mga opinyon sa anticristo ay naibubukod at hindi nangangahas na magsalita. Paunti nang paunti ang mga taong kayang kumilatis o lumaban sa kanya, at sa ganitong paraan, unti-unting nagkakaroon ng kontrol ang anticristo sa karamihan ng tao sa iglesia, umaako siya ng isang posisyon ng awtoridad. Ito ang pakay ng anticristo. Kapag pinakikitunguhan ang mga taong naiiba ang opinyon sa kanya, hindi nagpapakita ng pagpaparaya ang anticristo. Iniisip niya: “Kahit na iba ang opinyon mo, dapat kang magpasakop sa aking pamumuno, dahil nasa akin na ngayon ang huling pasya. Mas mababa ka sa akin. Kung ikaw ay isang dragon, dapat kang yumukod; kung ikaw ay isang tigre, dapat kang dumapa; kahit ano pa ang mga abilidad mo, hangga’t nandito ako, hindi kita hahayaang magtagumpay o manggulo!” Ito ang pakay ng anticristo—ang mag-isang kontrolin ang iglesia at kontrolin ang mga hinirang ng Diyos.

Ano ang pangunahing layunin ng isang anticristo kapag binabatikos at inihihiwalay niya ang isang hindi sumasang-ayon? Hangad niyang gumawa ng sitwasyon sa iglesia kung saan walang tinig na kokontra sa kanya, kung saan ang kanyang kapangyarihan at ang kanyang katayuan bilang lider ay absoluto, kung saan ang lahat ng kanyang mga salita ay absoluto at dapat na pakinggan ng lahat, at kung saan kahit ang isang tao ay may ibang opinyon, hindi niya dapat ipahayag iyon, kundi hayaan iyong mabulok sa kanyang puso. Lahat ng nangangahas na hayagang sumalungat sa kanya ay nagiging kaaway niya, at gagamitin niya ang lahat ng posibleng paraan para pahirapan ang mga ito, at desperadong hinihingi na maglaho ang mga ito. Ito ang isa sa mga paraan ng

pagbatikos at paghihiwalay ng anticristo sa isang hindi sumasang-ayon, pagpapatatag ng kanyang katayuan, at pagprotekta sa kanyang kapangyarihan. Iniisip nila, “Mabuti para sa iyo na magkaroon ng ibang mga opinyon, subalit hindi ka maaaring mag-ikot-ikot na nagsasalita tungkol sa mga ito gaya ng gusto mo, at lalong huwag mong ikompromiso ang aking kapangyarihan at katayuan. Kung mayroon kang pagtutol, maaari mo itong sabihin sa akin nang sarilinan. Kung sasabihin mo ito sa harapan ng lahat at mapahiya ako, nagmimita ka ng gulo, at humanda ka sa akin!” Anong uri ng disposisyon ito? Hindi pinahihintulutan ng isang anticristo ang iba na malayang makapagsalita. Kung ang ibang tao ay may pagtutol sa anticristo o may opinyon tungkol sa iba pang bagay, hindi nila ito puwedeng malaya na lang na sabihin; kailangan nilang isaalang-alang ang pride ng anticristo. Kung hindi, ituturing silang kaaway ng anticristo, babatikusin at ihihiwalay sila. Anong uri ng kalikasan ito? Ito ang kalikasan ng isang anticristo. At bakit nila ginagawa ito? Hindi nila hinahayaan ang iglesia na magkaroon ng anumang mga alternatibong opinyon, hindi nila hinahayaan ang sinumang hindi sumasang-ayon sa kanila sa loob ng iglesia, at hindi nila hinahayaan ang hinirang na mga tao ng Diyos na hayagang magbahagi tungkol sa katotohanan at kilatisin ang mga tao. Ang labis nilang kinatatakutan ay ang malantad at makilatis ng mga tao; gusto nilang tiyakin na ang kanilang kapangyarihan at ang katayuang hawak nila sa puso ng mga tao ay palaging napapatatag at hindi kailanman pinapahina. Hinding-hindi nila maaaring palampasin ang anumang nagbabanta o nakakaapekto sa kanilang pride, reputasyon, o sa kanilang katayuan at halaga bilang isang lider. Hindi ba’t pagpapamalas ito ng mapaminsalang kalikasan ng mga anticristo? Dahil hindi sila kontento sa kapangyarihang taglay na nila, pinalalakas at pinatitibay nila ito at hinahangad nila ang walang hanggang pananakop. Hindi lamang nila gustong kontrolin ang pag-uugali ng iba, kundi maging ang puso ng mga ito. Ang mga pamamaraang ito na ginagamit ng mga anticristo ay lubos na para maprotektahan ang kanilang kapangyarihan at katayuan, at ganap na resulta ng kanilang pagnanasang kumapit sa kapangyarihan. Kung ang mga anticristo ay kumikilos nang bukas at may integridad at naaayon sa katotohanan, bakit naman sila matatakot na magsalita at magbigay ng iba’t ibang mungkahi ang ibang tao, at na ilantad sila ng mga ito? Ito ay dahil may masasamang motibo sila at natatakot silang malantad. Alam ng mga anticristo na marami na silang nagawang kasamaan, at sa sandaling sila ay mailantad, bukod sa magiging mahirap na panatilihin ang kanilang katayuan, manganganib din silang mapaalis o mapatalsik. Samakatwid, ginagawa nila ang lahat upang pigilan at limitahan ang iba, upang hadlangan ang mga ito na magbahagi tungkol sa katotohanan at gumamit ng pagkilatis. Partikular na, ang mga tao na may matinding pagpapahalaga sa katarungan o na naglalakas-loob na maglantad ng masasamang tao ay tinik sa tagiliran ng anticristo, palaging nagdudulot sa kanila ng pagkainis. Iniisip ng mga anticristo na kung ang mga taong may pagpapahalaga sa katarungan ay mapupuwera hanggang sa magpasakop ang mga ito at masisira ang reputasyon ng mga ito, wala nang maglalakas-loob na maglantad sa kanila at mawawala na ang mga

tinig na hindi sumasang-ayon, na magbibigay sa anticristo ng pakiramdam ng kapanatagan. Isa itong palagian na taktika ng anticristo. Talagang hindi nila luluwagan ang kapit nila sa kapangyarihan at kailanman ay hindi nila babawasan ang mga pagsisikap nila na palakasin ito—ang bawat pangungusap na kanilang sinasabi at ang lahat ng bagay na kanilang ginagawa ay para sa pagpoprotekta sa kanilang kapangyarihan at katayuan. Lalong totoo ito kapag nariyan ang isang hindi sumasang-ayon, at natuklasan ng anticristo na ang hindi sumasang-ayon ay nagsalita tungkol sa kanila o pinintasan sila nito nang patalikod. Sa ganitong pagkakataon, lulutasin nila ang bagay na ito nang madalian, kahit mangahulugan pa ito ng kawalan nila ng isang gabing tulog at isang araw na pagkain. Paano nila nagagawa ang gayong pagsisikap? Iyon ay dahil pakiramdam nila ay nasa panganib ang kanilang katayuan, na nahamon ito. Pakiramdam nila, kung hindi sila kikilos nang gayon, manganganib ang kanilang kapangyarihan at katayuan—na kapag nalantad na ang kanilang masasamang gawa at nakakaiskandalong pag-uugali, hindi lamang sila hindi makakakapit sa kanilang katayuan at kapangyarihan, kundi maaalis o mapapatsik pa sila sa iglesia. Kaya nga lubha silang hindi mapakali sa pag-iisip ng mga paraan para supilin ang usapin at iwaksi ang lahat ng nakatagong panganib sa kanila. Ito lamang ang paraan na makakakapit sila sa kanilang katayuan. Kung ang mga anticristo ang tatanungin, katayuan ang hininga ng buhay. Sa sandaling marinig nila na ilalantad o iuulat sila ng isang tao, takot na takot sila at nababagabag, sa takot na baka kinabukasan, mawawala ang kanilang katayuan at hindi na muling matatamasa ang pakiramdam ng pagkakaroon ng pribilehiyong naidulot sa kanila ng katayuan, ni ng mga pakinabang ng katayuan. Natatakot sila na baka wala nang sinumang makinig o sumunod sa kanila, na wala nang mambobola sa kanila o gagawa ng kanilang iniuutos. Ngunit ang pinakahindi nila natitiis ay hindi lamang na mawawala sa kanila ang kanilang katayuan at kapangyarihan, kundi baka mapaalis o mapatsik pa sila. Kung mangyari iyon, lahat ng kalamangan at pakiramdam ng pagkakaroon ng pribilehiyo na naibigay sa kanila ng katayuan at kapangyarihan, gayundin ang pag-asa para sa lahat ng pagpapala at gantimpala na nakakamit sa pananampalataya sa Diyos ay mawawala sa isang iglap. Ang sitwasyong ito ang pinakamahirap na tiisin para sa kanila. Sa sandaling mawala sa kanila ang mga pakinabang at ang pakiramdam ng pribilehiyo na ibinibigay sa kanila ng kanilang kapangyarihan at katayuan, matatapos na ang maliligayang araw nila. Isa pa, dahil marami na silang nagawang kasamaan, malalagay sila sa kapahamakan, maghihintay sa kaparusahan ng Diyos.

Ano ang isang hindi sumasang-ayon? Sino ang mga taong itinuturing ng anticristo na mga hindi sumasang-ayon? Sa pinakasimple, sila yaong hindi sineseryoso ang anticristo bilang isang lider, ibig sabihin, hindi nila tinitingala o sinasamba ang anticristo at sa halip ay itinuturing nila ito bilang ordinaryong tao. Isang uri iyon. Nariyan pa yaong mga nagmamahal sa katotohanan, naghahangad ng katotohanan, naghahangad ng pagbabago sa kanilang disposisyon, at naghahangad na mahalin ang Diyos; iba ang landas na tinatahak nila kaysa sa isang anticristo, at sila ay mga hindi sumasang-ayon

sa mga mata ng anticristo. May iba pa ba? (Ang mga laging nagmumungkahi sa mga anticristo, at nangangahas na ilantad ang mga ito.) Ang sinumang nangangahas na magmumungkahi sa anticristo at ilantad ito, o yaong ang mga pananaw ay naiiba rito, ay itinuturing nitong mga hindi sumasang-ayon. At may isa pang uri: yaong mga kapantay ng anticristo sa kakayahan at abilidad, na ang kakayahan sa pananalita at pagkilos ay katulad ng sa anticristo, o itinuturing ng anticristong nakatataas sa kanya at nakakakilatis sa kanya. Sa isang anticristo, hindi ito katanggap-tanggap, isang banta sa kanyang katayuan. Ang gayong mga tao ang pinakahindi sumasang-ayon para sa anticristo. Hindi nangangahas ang anticristo na maliitin o luwagan ang gayong mga tao kahit kaunti. Itinuturing niya ang mga ito na mga tinik sa kanyang tagiliran, palaging nagdudulot sa kanya ng pagkainis, at mapagbantay at maingat siya sa mga ito sa lahat ng pagkakataon at iniwasan niya ang mga ito sa lahat ng ginagawa niya. Lalo na kapag nakikita ng anticristo na kikilatisin at ilalantad siya ng isang hindi sumasang-ayon, natataranta siya nang husto; desperado siyang palayasin at atakihin ang hindi sumasang-ayon na iyon, kaya hindi siya masisiyahan hangga't hindi niya napapaalis sa iglesia ang hindi sumasang-ayon na iyon. Sa ganoong mentalidad at pusong puno ng mga bagay na ito, anong uri ng mga bagay ang kaya niyang gawin? Ituturing ba niya ang mga kapatid na ito bilang mga kaaway, at mag-iisip ba siya ng mga paraan upang pabagsakin at upang mawala ang mga ito? Tiyak na gagawin niya ito. Pipigain niya ang kanyang utak sa kakaisip ng mga paraan upang mapasunod ang mga hindi sumasang-ayon at gagawin niya ang lahat upang matalo ang mga ito, hindi ba? Ang pagpapasunod sa mga hindi sumasang-ayon ay nangangahulugan na pinipilit ng anticristo na makinig sa kanya ang lahat ng tao, upang walang mangangahas na magsalita pa o magkaroon ng ibang mga opinyon, o ilantad pa nga siya. Ang pagtalo sa isang hindi sumasang-ayon ay nangangahulugan na ito ay idinidiin at kinokondena ng anticristo, lumilikha ng ilang maling impresyon upang magmukhang hangal at mapungusan ang hindi sumasang-ayon, at dahil dito ay bumagsak nang husto ang reputasyon nito. Hindi ba't ang paggawa ng ganitong bagay ang pinakamataas na uri ng masamang gawa? Hindi ba't sinasalungat nito ang disposisyon ng Diyos? Maraming instrumento at paraan ang anticristo para batikusin at ihiwalay ang mga hindi sumasang-ayon. Maliban sa lantarang komprontasyon at pagpapabulaanan, ang pinakamakapangyarihang instrumento niya ay may kaakibat na pang-aakit at panghahatak sa mga hindi sumasang-ayon na kumampi sa kanya, para ang lahat ng ito ay makinig sa kanya. Kung hindi makikinig ang mga hindi sumasang-ayon, susupilin at pipigilin ng anticristo ang mga ito, at sisirain ng anticristo ang reputasyon ng mga ito katulad ng paraan ng pakikitungo ng mga walang pananampalataya sa mga kalaban ng mga ito sa politika. Ganito kabuktot at kalupit ang mga anticristo. Ngunit minsan, ang mga anticristo ay gagamit ng malumanay na paraan upang akitin ang mga tao. Halimbawa, kung may isang hindi sumasang-ayon na ang opinyon ay iba sa kanila, titingnan nila kung ano ang hilig ng taong iyon at kung ano ang mga kahinaan nito, gagamit sila ng lahat ng uri ng kasuklam-suklam na paraan upang mapasunod ang taong

iyon. O kaya ay magpapanggap silang nagpapasakop at umaamin sa mga pagkakamali nila sa harap ng hindi sumasang-ayon, o gagawin nila ang lahat upang magdulot ng mga pakinabang sa hindi sumasang-ayon at bigyang-kasiyahan ito, o marahil ay hihikayatin ang malalapit nilang kaibigan na himukin ang hindi sumasang-ayon; at pagkatapos, magkukunwari silang nagbabahagi tungkol sa katotohanan sa hindi sumasang-ayon na iyon, sasabihing: “Perpekto talaga ang pagtatambal natin para sa gawain ng iglesia; maaari nating paghatian nang patas ang iglesiang ito sa hinaharap. Kahit na ako ang lider, pakikingingan ko ang anumang mungkahi mo. Sa katunayan, ako ang makikipagtulungan sa iyo.” Kung ang hindi sumasang-ayon ay isang taong hindi nakauunawa sa katotohanan, magiging madali para sa anticristo na makuha ang loob niya. Mapapansin agad ito ng mga nakakakilatis sa katotohanan at sasabihing, “Ang taong ito ay mapagpakana, tiyak iyon; hindi siya lantarang nang-aatake, kundi nanlalansi—sa halip na matitinding taktika, malumanay ang diskarte niya.” Para sa isang anticristo, ang hindi sumasang-ayon ay isang banta sa kanyang katayuan at kapangyarihan. Sa magbabanta sa kanilang katayuan at kapangyarihan, maging sinuman ito, gagawin ng mga anticristo ang lahat para “maasikaso” siya. Kung talagang hindi mapapasunod o makukuha ang loob ng mga taong ito, pababagsakin o paaalisin sila ng mga anticristo. Sa huli, makakamit ng mga anticristo ang kanilang layon na magkaroon ng lubos na kapangyarihan, at maging ang mismong batas. Ito ang isa sa mga diskarte na madalas gamitin ng mga anticristo para mapanatili ang kanilang katayuan at kapangyarihan—binabatikos at inihihiwalay nila ang mga hindi sumasang-ayon.

Ano ang mga pinagmumulan ng mga paraan, pagpapamalas, motibo sa pagkilos, at pinanggagalingan ng kilos ng mga anticristo sa pambabatikos at paghihiwalay sa mga hindi sumasang-ayon? (Si Satanas.) Upang maging partikular, nagmumula ang mga iyon sa mga ambisyon at pagnanais ng tao, at sa kalikasan ni Satanas. Kung gayon, ano ang layon ng anticristo? Ang layon niya ay ang mang-agaw ng kapangyarihan, kontrolin ang puso ng mga tao, at tamasahin ang mga pakinabang ng kanyang katayuan. Ito ang katangian ng isang tunay na anticristo. Mula sa perspektiba ng dalawang aytem ng pagkuha sa loob ng mga tao at pambabatikos at paghihiwalay sa mga hindi sumasang-ayon, paano binibigyang-kahulugan ng anticristo ang salitang “lider” at ang papel na ginagampanan ng isang lider? Naniniwala siya na ang isang lider ay isang taong nagtataglay ng kapangyarihan at katayuan, na may kapangyarihan itong mag-utos, mang-akit, manglihis, manakot at magkontrol ng mga tao na pinamumunuan nito. Ganito ang pagkaarok niya sa salitang “lider.” Kaya, kapag siya ay nasa posisyon ng pamumuno, ipinatutupad niya ang mga taktikang ito sa kanyang gawain, at ganito niya ginagawa ang kanyang mga tungkulin. Kung gayon, ano ba talaga ang ginagawa niya kapag ginagampanan niya ang kanyang mga tungkulin? Masasabi nang may katiyakan na gumagawa siya ng masasamang bagay, at para maging tumpak, nagtatatag siya ng sarili niyang nagsasariling kaharian, nakikipagkompetensiya sa Diyos para sa mga hinirang na tao, para sa puso ng mga tao, at para sa katayuan. Gusto niyang mapalitan

ang puwang ng Diyos sa puso ng mga tao, ang hikayatin ang mga taong sambahin siya. Hindi ba't madalas kayong nagkikimkim ng gayong mga intensyon at motibasyon at nagpapakita ng gayong mga pag-uugali at gawi? Hindi ba't madalas ninyong ibinubunyag ang mga satanikong disposisyong ito? (Oo.) Gaano kalubha ang nagiging pagpapakita ng mga satanikong disposisyong ito? Umabot na ba ito sa punto na hindi na ninyo makontrol ang inyong sarili? Kapag nangyayari ito, nagkakaroon ba kayo ng kaunting kamalayan, pagpipigil at disiplina? (Oo.) Sabihin ninyo sa Akin, may tao bang talagang hindi nagnanais ng kapangyarihan? May tao bang ayaw ng kapangyarihan? May tao bang hindi nag-iimbot sa mga pakinabang ng katayuan? Wala, walang ganoon. Ano ang dahilan nito? Ito ay dahil ang lahat ng tao ay nagawa nang tiwali ni Satanas; lahat sila ay may satanikong kalikasan. Ang isang pagkakapareho ng lahat ng tao ay gusto nila ng kapangyarihan, katayuan, at pagtatamasa ng mga pakinabang ng katayuan. Isa itong katangian na taglay ng lahat ng tao. Kung gayon, bakit ang ilang tao ay itinuturing na mga anticristo, habang ang iba ay nagpapakita lang ng disposisyon ng isang anticristo o tumatahak sa landas ng isang anticristo? Ano ang mga pagkakaiba ng dalawang grupong ito? Una, tatalakayin Ko ang tungkol sa pagkakaiba sa kanilang pagkatao. May pagkatao ba ang mga anticristo? Ano ang mga pagkakaiba ng pagkatao ng mga taong tumatahak sa landas ng mga anticristo sa mismong mga anticristo? (Ang mga anticristo ay walang konsensiya at katwiran, wala silang pagkatao, samantalang ang mga taong tumatahak sa landas ng mga anticristo ay may kaunti pang konsensiya at katwiran. Kaya pa rin nilang tanggapin ang katotohanan at tanggapin ang paghatol at pagkastigo ng Diyos, at magpakita ng tunay na pagsisisi.) Ang pagpapakita ng pagsisisi ay isang punto ng pagkakaiba. Marunong bang magsisi ang mga anticristo? (Hindi, hindi sila marunong.) Kahit kaunti ay hindi tinatanggap ng mga anticristo ang katotohanan; kahit na mapagtanto nilang wala silang patutunguhan, hindi sila magsisisi. Kailanman ay hindi nila makikilala ang kanilang sarili. Pagdating sa pagkatao, ang mga taong tumatahak sa landas ng mga anticristo ay may isa pang pagkakaiba sa mga anticristo, ito ang pagkakaiba ng isang karaniwang mabuting tao sa isang masamang tao. Ang mabubuting tao ay nagsasabi at gumagawa ng mga bagay nang may konsensiya at katwiran, habang ang masasamang tao ay walang konsensiya at katwiran. Kapag ang masasamang tao ay gumagawa ng masama at nalalantad, hindi sila masunurin: "Sus, kahit naman malaman ng lahat, may magagawa ba sila rito? Gagawin ko ang gusto ko! Wala akong pakialam kung sino ang maglalantad o pupuna sa akin. Mayroon ba talagang magagawa sa akin ang kahit sino?" Kahit gaano pa karaming masamang bagay ang gawin ng isang masamang tao, hindi siya nakararamdam ng hiya. Kapag ang isang karaniwang tao ay may ginagawang masama, ninanais niya itong itago at pagtakpan. Kung sa huli ay may maglalantad sa kanya, labis siyang mahihiyang humarap sa kahit kanino at ayaw na nga niyang mabuhay: "Hay, paano ko ba nagawa ang ganitong bagay? Talagang wala akong kahihyan!" Labis siyang nagsisisi at isinusumpa pa nga niya ang sarili niya, nangangako na hinding-hindi na niya uulitin ang ganitong bagay. Ang ganitong pag-uugali ay patunay na may kahihyan siya,

na may kaunting pagkatao pa rin siya. Ang isang tao na walang kahihyan ay walang konsensiya at katwiran, at ang lahat ng masamang tao ay walang kahihyan. Kahit anong uri pa ng masamang gawa ang ginagawa ng isang masamang tao, hindi ito mahihya o kakabahan, at walang habas pa rin niyang ipagtatanggol ang mga kilos niya, binabaluktot ang mga negatibong aspekto upang maging positibo ang mga ito, at magsasalita tungkol sa masasamang gawa na para bang mabuti ang mga iyon. May kahihyan ba ang ganitong uri ng tao? (Wala.) Kung mayroon siyang ganitong uri ng saloobin, tunay ba siyang magsisisi sa hinaharap? Hindi, ipagpapatuloy lang niya ang pagkilos gaya ng dati. Ibig sabihin nito ay wala siyang kahihyan, at ang ibig sabihin ng kawalan ng kahihyan ay kawalan ng konsensiya at katwiran. Ang mga taong may konsensiya at katwiran ay masyadong mahihyang humarap sa kahit kanino pagkatapos silang malantad sa paggawa ng masamang bagay, at hinding-hindi na nila inuulit ang bagay na ito. Bakit ganito? Ito ay dahil pakiramdam nila ay kahiya-hiyang gawin ito at punong-puno sila ng kahihyan na humarap sa kahit kanino; may pakiramdam ng kahihyan sa kanilang pagkatao. Hindi ba't ito ang pinakamababang pamantayan para sa normal na pagkatao? (Ito nga.) Matatawag pa bang tao ang isang taong ni hindi nakararamdam ng kahihyan? Hindi. Ang isa bang taong hindi nakararamdam ng kahihyan ay may normal na pag-iisip? (Wala.) Wala siyang normal na pag-iisip, lalong wala siyang pagmamahal sa mga positibong bagay. Para sa kanya, ang pagkakaroon ng konsensiya at katwiran ay masyadong mataas na pamantayan, isang pamantayang hindi niya maabot. Ngayon, ano ang pinakapangunahing pagkakaiba ng mga anticristo sa mga taong tumatahak sa landas ng mga anticristo? Kapag inilantad ng ibang tao ang isang taong nagtataglay ng diwa ng anticristo dahil nakikipag-agawan siya sa Diyos para sa katayuan, hindi niya maiisip na may mali siyang nagawa. Kalaunan, bukod sa hindi niya matututunan ang mga aral at hindi siya babaling sa Diyos, sa halip, sa sandaling magkaroon siya ng pagkakataong maihalal bilang lider o manggagawa, patuloy siyang makikipag-agawan sa Diyos para sa katayuan, nagpapatuloy sa dati niyang gawain, mas nanaisin pa niyang mamatay kaysa magsisi. Nagtataglay ba ng anumang katwiran ang mga taong ito? (Wala silang katwiran.) At nakadarama ba ng anumang kahihyan ang mga taong walang katwiran? (Hindi.) Ang gayong mga tao ay walang katwiran at walang nadaramang kahihyan. Kapag naririnig ng mga taong nagtataglay ng normal na pagkatao, konsensiya at katwiran na sinasabi ng iba na nakikipag-agawan sila sa Diyos para sa katayuan, iisipin nila, "Naku, seryosong usapin ito! Tagasunod ako ng Diyos! Paano ko nagagawang makipag-agawan sa Kanya para sa katayuan? Kahiya-hiya namang makipag-agawan sa Diyos para sa katayuan! Napakamanhid, napakahangal ko naman, at sobrang wala ako sa katwiran para gawin ito! Paano ko nagawa ang gayong bagay?" Makararamdam sila ng pagkapahiya at kahihyan dahil sa nagawa nila, at kapag nahaharap sa katulad na sitwasyon, mapipigilan ng kanilang nadaramang kahihyan ang kanilang pag-uugali. Ang kalikasang diwa ni Satanas ang kalikasang diwa ng lahat ng tao, ngunit iyong mga nagtataglay ng katwiran ng normal na pagkatao ay magkakaroon ng pakiramdam ng

kahihiyan, at mapipigilan ang kanilang pag-uugali. Habang unti-unting lumalalim ang pagkaunawa ng isang tao sa katotohanan, at habang lumalalim ang kanyang kaalaman at pagkaunawa sa Diyos at pagpapasakop sa katotohanan, ang pakiramdam na ito ng kahihiyan ay hindi na ang magiging pinakamababang pamantayan. Lalo silang mapipigilan ng katotohanan, at ng kanilang may-takot-sa-Diyos na puso. Patuloy nilang pagbubutihin ang kanilang sarili, at kikilos nang higit na naaayon sa katotohanan. Gayunman, hahangarin ba ng mga anticristo ang katotohanan? Tiyak na hindi. Hindi sila nagtataglay ng normal na katwiran ng tao, hindi nila alam ang ibig sabihin ng paghahangad sa katotohanan, at tutol sila sa katotohanan at wala ni katiting na pagmamahal para dito, kaya paano nila mahahangad ang katotohanan? Ang paghahangad sa katotohanan ay kailangan ng normal na pagkatao; tanging ang mga nagugutom at nauuhaw sa pagiging matuwid ang magmamahal sa katotohanan at maghahangad nito. Ang mga taong walang taglay na normal na pagkatao ay hindi kailanman maghahangad sa katotohanan.

Ang mga taong tumatahak sa landas ng isang anticristo ay iba sa mga tunay na anticristo. May ilang taong nakakakita na puno sila ng mga disposisyon ng isang anticristo, at hinahangad at pinahahalagahan nila nang labis ang kasikatan, pakinabang, at katayuan, at kailanman ay hindi nila ito nagagawang bitiwang. Matibay nilang pinaniniwalaan na taglay nila ang kalikasan ng isang anticristo at hindi na sila maliligtas. Kung hindi mo tunay na nakikilala ang iyong sarili at hindi mo alam kung isa kang anticristo o isang masamang tao, dapat mong pagnilayan kung mayroon kang anumang kamalayan o pakiramdam ng kahihiyan. Kung wala, nanganganib ka, at masasabi na taglay mo ang kalikasang diwa ng isang masamang tao o anticristo. Kahit na hindi ka isang anticristo ngayon, maaari kang maging isang anticristo sa hinaharap. Ang bagay na pinakaayaw gawin ng mga taong hindi naghahangad sa katotohanan ay ang pagnilayan at kilalanin ang kanilang sarili. Sinasabi nila: “Wala akong pakialam kung sino ang nagsasabing isa akong anticristo. Sino ba ang ayaw ng kasikatan, pakinabang, at katayuan? Ang sinumang nagsasabi na ayaw niya ng kasikatan, pakinabang, at katayuan ay nagsisinungaling. Sino ang may katayuan na hindi nagtatamasa ng mga pakinabang nito? Hangal lang ang ganoon. Ang makapagtamasa sa mga pakinabang ng katayuan, kapabilidad ang tawag doon!” Anong uri ng tao ang nagsasabi ng ganitong mga bagay? Hindi ba’t isa itong taong tutol sa katotohanan? Ang ganitong uri ng tao ay labis ang katigasan ng ulo—maliligtas ba siya? Talagang hindi siya maliligtas, dahil hindi inililigtas ng Diyos ang masasamang tao; ang mga ganitong tao ay kauri ni Satanas, mga halimaw sila. May ilang taong hindi alam kung maaari silang maging puntirya ng pagliligtas ng Diyos. Sa ganitong kaso, kapag inilantad ng mga salita ng Diyos ang iyong kalikasang diwa at ang iyong tiwaling disposisyon, obserbahan mo kung mararamdaman mo ito at kung mahihiya ka sa loob-loob mo o hindi, at kung iisipin mo na ang inilalantad ng Diyos ay ang tunay mong katauhan, na magdudulot sa iyong makaramdam ng kahihiyan at maramdaman mo na para bang wala kang mapagtataguan. Kung mayroon ka ng ganitong pakiramdam ng kahihiyan, ng ganitong kamalayan, mabuti ito. May ilang tao

pa nga na nagsasabi: “Lubusan na akong inilantad ng mga salita ng Diyos. Hiyang-hiya akong humarap sa kahit kanino at wala akong mapagtataguan. Palagay ko ay dapat akong maipadala sa impiyerno, hindi ako karapat-dapat sa pagliligtas ng Diyos. Sa tindi ng pagiging negatibo ko, ay ni hindi ko na iniisip na karapat-dapat akong mabuhay. Dapat ay mamatay na lang ako at nang matapos na ito.” Mabuti ba o masama na maramdaman ang ganito? Mabuti ito. Hindi ito naiintindihan ng ilang tao, at sinasabi nila: “Paano ito naging mabuti?” (Ipinakikita nito na ang taong ito ay may pakiramdam ng kahihyan.) Hindi ito natutukoy sa pamamagitan ng kahihyan. Una sa lahat, ang pagkakaroon ng ganitong uri ng pakiramdam ay nangangahulugan na kahit papaano ay nauunawaan mo ang mga salita ng Diyos. Pangalawa, ano ang pundasyon ng pagkakilala mo sa iyong sarili? (Ang pagtanggap sa mga salita ng Diyos.) Tama iyan. Inaamin mo na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan, na nangangahulugan na ginagamit mo ang mga salita ng Diyos bilang pamantayan upang suriin kung maaari kang maligtas at kung anong uri ka ng tao—nagawa mo nang pamantayan ang Kanyang mga salita para sa pagsusuri sa sarili. Pinatutunayan nito na may tunay kang pananalig sa mga iyon. Kapag may tunay kang pananalig sa Diyos, saka mo lang maituturing ang Kanyang mga salita bilang ang katotohanan, bilang ang pamantayan sa pagsusuri sa sarili. Ang isang taong gumagawa nito ay may pagkakataong maligtas—hindi ito kasing simple ng kung ang isang tao ba ay may pakiramdam ng kahihyan o wala.

Tungkol naman sa pagpapamalas na ito—ang pambabatikos at paghihiwalay ng mga anticristo sa mga hindi sumasang-ayon—natalakay na natin ang kahulugan ng salitang “hindi sumasang-ayon.” Kung gayon, aling mga tao ang napapailalim sa saklaw ng terminong ito? Pangunahin ay ang mga taong ang pananaw sa mga bagay at ang tinatahak na mga landas ay naiiba sa mga anticristo. Sa mga mata ng mga anticristo, ang lahat ng taong ito ay nagiging mga hindi sumasang-ayon, at sila ang puntirya ng mga pag-atake ng mga anticristo. Naniniwala ang mga anticristo na ganap na makatwiran ang pambabatikos at paghihiwalay sa mga hindi sumasang-ayon, na pagpoprotekta ito sa gawain ng sambahayan ng Diyos at pagpoprotekta sa buhay iglesia, gayong sa realidad ay isa itong diskarte at paraan ng pagpoprotekta sa sarili nilang katayuan at kapangyarihan. Talagang hindi nito pinoprotektahan ang gawain ng sambahayan ng Diyos, lalong hindi nito pinananatili ang normal na kaayusan ng buhay iglesia para sa mga hinirang ng Diyos. Ang ilan sa mga hindi sumasang-ayon na nabanggit dito ay mga taong naghahangad sa katotohanan. Makatitiyak tayo rito dahil ang mga anticristo ay laban sa mga taong naghahangad sa katotohanan, at tanging ang mga taong naghahangad sa katotohanan ang nakakikilatis sa mga anticristo.

Enero 22, 2019

Ikatlong Aytem: Inihihiwalay at Binabatikos Nila ang mga Naghahangad sa Katotohanan

Ang ikatlong teknik na ginagamit ng mga anticristo para kontrolin ang mga tao: Inihihiwalay at binabatikos nila ang mga naghahangad sa katotohanan. May ilang mga taong mahal ang mga positibong bagay, ang katarungan at liwanag, at ang pakikipagbahaginan tungkol sa katotohanan. Madalas nilang nilalapitan ang mga kapatid na naghahanap at naghahangad sa katotohanan upang makipagbahaginan sa mga ito. Ikinaiinit ng ulo ng isang anticristo na makita ito. Para sa kanya, ang lahat ng naghahangad sa katotohanan ay parang karayom sa kanyang mata, isang tinik sa kanyang lalamunan; binabatikos, inihihiwalay, at inaatake niya ang lahat ng naghahangad ng katotohanan. Siyempre, hindi lamang babatikusin ng isang anticristo ang mga taong iyon gamit ang mga brutal at malulupit na taktika na kitang-kita naman kaya mahahalata ng mga tao. Gagamitin niya ang estilo ng pagbabahagi tungkol sa katotohanan, at gamit ang ilang salita at doktrina, huhusgahan niya ang mga tao at aatakin sila. Iniisip tuloy ng mga tao na akma at makatwiran ang ginagawa niya, na tumutulong siya—na walang mali sa ginagawa niya. Ano ba itong mga “akma at makatwirang” pamamaraan niya? (Ginagamit niya ang mga salita ng Diyos para husgahan ang mga tao at atakihin sila.) Tama—ginagamit niya ang mga salita ng Diyos para ilantad ang mga tao at husgahan sila. Iyon ang kanyang pinakakaraniwang pamamaraan. Sa panlabas, tila patas, makatwiran, at talagang akma ang ganitong paraan ng pananalita, pero sa loob, hindi niya intensiyong tumulong sa iba para makinabang ang mga ito, pero para ilantad, husgahan, kondenahin, at insultuhin ang mga ito. Iyon talaga ang gusto niyang maisakatuparan. Kaya, ang problema ay kung saan ang pinanggagalingan niya. Ang mga taong alisto ay nakikitang ginagawa nila ito dahil ang mga taong iyon ay naghahanap at minamahal ang katotohanan, at sila ay may idinudulot na banta sa mga anticristo. At ano ang bantang iyon? Sa anong paraan mahahadlangan ng kanilang pagmamahal sa katotohanan ang mga anticristo? (Nahahalata at nakikilatis nila ang mga ito.) Tama. Ang pinakamalaking banta na idinudulot ng mga nagmamahal sa katotohanan sa isang anticristo ay nakikilatis nila ang anumang masamang ginagawa ng anticristo, kahit ano pa ito; nakikilala nila ang diwa nito at malamang na ilalantad, isusumbong, at ibubunyag nila ito kahit saan at kahit kailan, at pagkatapos ay kokondenahin at itatakwil ito, at aalisin ito mula sa iglesia. Kung mangyayari iyon, mawawala ang katayuan at kapangyarihan nito magpakailanman, at ang pag-asa nitong pagpalain ay ganap nang mawawasak. Kaya para sa isang anticristo, ang mga taong naghahangad sa katotohanan ang pinakamalaking banta bukod pa sa mga taong hindi sumasang-ayon.

Bukod pa sa mga paraang mukhang akma gaya ng paggamit ng pagbabahaginan sa mga salita ng Diyos para atakihin ang mga taong naghahangad sa katotohanan at para husgahan sila, gagawa pa ng matitinding hakbang ang mga anticristo laban sa kanila. Ano ang matitinding hakbang na iyon? Bilang halimbawa, gagamitin nila ang

isang panandaliang pagsalangsang ng isang lider o manggagawa; hindi na mahalaga kung ano ba ang konteksto nito, kung may natutunan ba rito ang taong iyon at kung makapagsisisi ba siya, at kung siya ba ay isang taong naghahanap ng katotohanan; palalakinin nila ang sitwasyon para husgahan ang taong iyon at kondenahin siya, at paalisin siya. Nahinuha ng mga anticristo na para matanggal ang damo, dapat alisin ang ugat, kaya pinapaalis nila ang mga ganoong tao sa iglesia, nang sa gayon ay hindi magiging banta ang mga ito sa katayuan ng mga anticristo. Lahat ng masasamang tao at mga anticristo ay magaling sa pagsunggab sa mga bagay na magagamit laban sa mga lider at manggagawa, at kapag nagawa na nila iyon, kokondenahin nila ang mga taong iyon bilang mga huwad na lider at anticristo. Mabigat na paratang! Ang mga lider at manggagawa ay pinipili ng mga taong hinirang ng Diyos; bakit mo palaging susunggaban ang mga bagay na magagamit laban sa kanila? Ano ang iyong layon sa pagkakaroon ng ganoong magagamit na bentaha? Ito ba ay dahil nais mo silang palitan bilang lider? Sa oras na akusahan ng isang masamang tao ang isang lider o manggagawa ng pagkakasala na pagiging isang huwad na lider at anticristo, kung makapagbibigay siya ng mga halimbawa at makukumbinsi niya ang mga taong hinirang ng Diyos na tumutugma ito sa mga katunayan, magdudulot ito ng problema. Ang lider o manggagawang iyon ay madaling mapapaalis sa iglesia. Ang pagiging isang huwad na lider o anticristo ay isang napakabigat na pagkakasala, na kapag napatunayan ang pagkakasala, makokondena ang akusado, at ang kanyang oras bilang mananampalataya ng Diyos ay matatapos na. Ikasisira niya iyon, hindi ba? Napakasama niyon! Bukod pa roon, kung pagkatapos niyon ay sasamantalain ng anticristo ang pagkakataong iyon para mapili siya bilang lider at makontrol niya ang iglesia, hindi ba't mapapasailalim sa kontrol ng anticristo ang mga taong hinirang ng Diyos? Hindi ba't ang iglesiang iyon ay magiging kaharian ng anticristo? (Magiging ganoon nga.) Isa itong malaking panganib! May iba pa bang mga teknik ang masasamang tao at mga anticristo para batikusin at ihiwalay ang mga naghahangad sa katotohanan? Hindi ba't ipinapadala ng ilan sa kanila ang mga kapatid na naghahangad sa katotohanan para magtrabaho sa mga pinakamapanganib na lugar, para maagaw nila ang kapangyarihan at mapagtibay ang kanilang katayuan? Sinasabi nila, "May bagong tatag na iglesia na mayroong maraming kapatid na bago pa lang sa pananalig. Wala pa silang pundasyon at kulang sila sa karunungan. Kailangan nila ng taong nakakaunawa sa katotohanan para diligan at tustusan sila. Nauunawaan mo ang katotohanan ng mga pangitain; kailangan ng mga baguhang iyon ng katulad mo para diligan sila. Walang ibang makakagawa noon." At dahil doon, napapaalis ng anticristo ang isang mabigat na natatagong banta. Sa katunayan ba ay ginagawa talaga niya ito para pamunuan at tustusan ng taong iyon ang nasabing iglesia? (Hindi.) Hindi; ginagawa niya iyon dahil mapanlaban at mapanganib na kapaligiran ang lugar na iyon. Inilalagay niya ang taong iyon sa isang mapanganib na lugar para gumawa ng gawain ng iglesia, dahil sa masidhi niyang pag-aasam na mahuhuli ito ng malaking pulang dragon. Kapag nahuli ang taong iyon, wala nang matitira para maging banta sa katayuan ng anticristo,

at makontrol na niya ang iglesia. Hindi ba't taktika niya ito? Ipinapadala niya ang taong iyon sa kunwaring dahilan na naaangkop ito sa pagdidilig sa mga baguhan, kung kaya, walang nakakakita sa masasama niyang intensiyon. Hindi ba't ang tuso niya? At iniisip ng mga kapatid na matalino at marunong ang anticristo sa pagsasaayos niyon, na siya ay isang taong umaayon sa mga layunin ng Diyos, pero ang totoo ay nilililang at niloloko lang sila ng anticristo. Ang teknik na ito ng anticristo ay mukhang lubos na lehitimo; walang malinaw na nakakakita kung ano talaga ang nangyayari, at naliligaw ang lahat sa huli. Iniisip ng mga taong naligaw na patas at makatwiran ang ginagawa ng anticristo, na ginagawa niya ito alang-alang sa gawain—pero walang nakakahalata sa intensiyon niya. Buktot ang mga anticristo, hindi ba? Kung saan mayroong panganib, doon ka nila papupuntahin, sinasabi sa kanilang sarili, “Hindi ba't hinahangad mo ang katotohanan? At hindi ba't kinakalaban mo ako? Hindi ba't lagi mo akong kinikilatis at sinusunggaban mo ang mga bagay na magagamit laban sa akin? Sige, kung gayon: Gagamitin ko ang pagkakataong ito para mapaalis ka rito. Mabuti nang mahuli ka—hindi ka na ulit makakabangon!” Tiyak na karamihan sa mga taong binibitag at inuusig ng mga anticristo sa iglesia ay iyong mga mas naghahangad. Paano itinuturing ng mga anticristo ang mga taong ito habang inuusig at inihihawalay ang mga ito? Sinasabi nila sa kanilang sarili, “Laging nakikinig sa mga sermon ang mga taong ito; nauunawaan nila ang ilang katotohanan. Hindi ko naman maaaring hindi sila hayaang makinig: Ginagawa ang mga sermon para marinig ng lahat, kaya walang paraan na mapangangatwiran na hindi sila hayaang makinig. Pero sabihin nating hinayaan ko silang makinig, dahil marami sa mga nababanggit sa mga sermong iyon ay naglalantad sa mga huwad na lider at anticristo, magiging ayos lang ba ako kung makarinig sila nang sapat, at magkaroon ng pag-unawa at pagkilatis? Kakailanganin kong magbitiw sa puwesto ko bilang lider kalaunan, hindi ba? Hindi pupuwede iyon. Kailangang ako ang gumawa ng unang hakbang.” Sa oras na magkaroon ng ganoong intensiyon ang isang anticristo, sisimulan na niyang kumilos. Lilang tao lang ang makakatukoy sa isang anticristo kung hindi nila nauunawaan ang katotohanan. Bakit kaya nalulusutan iyon ng mga anticristo, habang ang mga taong naghahanap ng katotohanan ay nagiging biktima? May isang dahilan na tiyak ay naroon: Ang mga taong iyon ay maaaring may kaunting pagmamahal sa puso nila para sa katotohanan at mga positibong bagay, at maaaring may kaunti silang mithiin na hangarin ang katotohanan, pero sobra lang silang duwag. Hindi nila nauunawaan ang katotohanan, wala silang pagkilatis, at masyado silang hangal; hindi nila kayang makilatis ang diwa ng isang anticristo, at hindi nila kailanman magawang ilantad ang anticristo, na nagbibigay-daan sa anticristo na gumawa ng unang hakbang at mapinsala sila sa pamamagitan nito. Kung iyon ang resultang makukuha nila o iyon ang magiging kalalabasan nila, paano iyon mangyayari? Hindi ba't luluray-lurayin sila ng mga anticristo? (Luluray-lurayin sila.) Ano ang aral na dapat mapulot dito ng mga taong naghahangad sa katotohanan? Ano ang saloobing dapat taglayin ng mga tao pagdating sa kung paano tratuhin ang isang lider o manggagawa? Kung tama at alinsunod sa

katotohanan ang ginagawa ng isang lider o manggagawa, maaari mo siyang sundin; kung mali at hindi alinsunod sa katotohanan ang ginagawa niya, hindi mo siya dapat sundin at maaari mo siyang ilantad, salungatin at maaari kang maghayag ng ibang opinyon. Kung hindi siya nakakagawa ng aktuwal na gawain o gumagawa siya ng masasamang gawa na nagsasanhi ng kaguluhan sa gawain ng iglesia, at nabunyag na isang huwad na lider, isang huwad na manggagawa o isang anticristo, maaari mo siyang kilatisin, ilantad at iulat. Gayunman, hindi nauunawaan ng ilang taong hinirang ng Diyos ang katotohanan at lalo nang napakaduwag; natatakot silang masupil at mapahirapan ng mga huwad na lider at anticristo, kaya hindi sila nangangahas na itaguyod ang mga prinsipyo. Sinasabi nila, “Kung patatalsikin ako ng lider, tapos na ako; kung hihikayatin niyang ilantad o talikuran ako ng lahat, hindi ko na magagawang manampalataya sa Diyos. Kung patatalsikin ako sa iglesia, hindi ako gugustuhin at hindi ako ililigtas ng Diyos. At hindi ba’t mawawalan ng saysay ang aking pananalig?” Hindi ba katawa-tawa ang gayong pag-iisip? May tunay bang pananalig sa Diyos ang gayong mga tao? Kakatawanin ba ng isang huwad na lider o anticristo ang Diyos kapag pinatalsik ka niya? Kapag pinahirapan at pinatalsik ka ng isang huwad na lider o anticristo, kagagawan ito ni Satanas, at wala itong kinalaman sa Diyos; kapag inaalis o pinatatalsik ang mga tao mula sa iglesia, nakaayon lamang ito sa mga layunin ng Diyos kapag magkasamang nagdesisyon ang iglesia at ang lahat ng taong hinirang ng Diyos, at kapag ang pag-aalis o pagpapatalsik ay lubos na nakaayon sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos at sa mga katotohanang prinsipyo ng mga salita ng Diyos. Paanong ang mapatalsik ng isang huwad na lider o anticristo ay mangangahulugan na hindi ka maliligtas? Pang-uusig ito ni Satanas at ng anticristo, at hindi nangangahulugan na hindi ka maililigtas ng Diyos. Maliligtas ka man o hindi ay depende na sa Diyos. Walang taong kalipikadong magdesisyon kung maaari ka bang iligtas ng Diyos. Dapat malinaw ito sa iyo. At para tratuhin ang pagpapatalsik sa iyo ng isang huwad na lider o anticristo bilang pagpapatalsik ng Diyos—hindi ba ito maling pag-unawa sa Diyos? Maling pag-unawa ito. At hindi lamang ito maling pag-unawa sa Diyos, kundi paghihimagsik din laban sa Diyos. Medyo paglapastangan din ito sa Diyos. At hindi ba’t kamangmangan at kahangalan ang maling pagkaunawa sa Diyos sa ganitong paraan? Kapag pinatalsik ka ng isang huwad na lider o anticristo, bakit hindi mo hanapin ang katotohanan? Bakit hindi ka maghanap ng isang taong nakauunawa sa katotohanan upang magkamit ka ng kaunting pagkakilala? At bakit hindi mo ito ipinaaalam sa mga nakatataas? Pinatutunayan nito na hindi ka naniniwalang naghahari ang katotohanan sa sambahayan ng Diyos, ipinapakita nito na wala kang tunay na pananalig sa Diyos, na hindi ka isang taong tunay na nananampalataya sa Diyos. Kung nagtitiwala ka sa pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos, bakit ka natatakot sa pagganti ng isang huwad na lider o anticristo? Mapagpapasyahan ba niya ang iyong kapalaran? Kung may kakayahan kang makakilala, at natukoy mong salungat ang kanilang mga ikinikilos sa katotohanan, bakit hindi ka makipagbahaginan sa mga taong hinirang ng Diyos na nakauunawa sa katotohanan? May bibig ka naman, kaya bakit hindi

ka naglalakas-loob na magsalita? Bakit takot na takot ka sa isang huwad na lider o anticristo? Pinatutunayan nitong duwag ka, walang silbi, isang kampon ni Satanas. Kung hindi ka maglalakas-loob na ipaalam sa mga nakatataas kapag ikaw ay pinagbantaan ng isang huwad na lider o anticristo, ipinapakita nito na naigapos ka na ni Satanas at kaisa ka na nila; hindi ba't pagsunod ito kay Satanas? Paano nabibilang ang ganitong tao sa mga taong hinirang ng Diyos? Siya ay patapon, ganoon lang kasimple. Lahat ng taong kaisa ng mga huwad na lider at mga anticristo ay hindi maaaring maging mabuti kailanman; sila ay mga taong gumagawa ng masama. Ang mga ganoong tao ay ipinanganak upang maging tauhan ng diyablo—sila ay mga kampon ni Satanas, at hindi na sila matutubos pa. Lahat ng hindi maglalakas-loob na ilantad ang mga anticristo kapag nakita nila ang mga ito na gumagawa ng masama, na takot salungatin ang mga anticristo, na sumasanggalang at sumusunod pa nga sa mga ito—hindi ba't mga hangal at ignoranteng tao sila? Kung ganap mong alam ang mga katotohanang prinsipyo pero nilalabag mo pa rin ang mga ito, at bumubuo ka pa nga ng alyansa at pangkat kasama ang masasamang tao at mga anticristo, hindi ba't kumikilos ka bilang isang kasabwat at tauhan ni Satanas? Kaya hindi ba't karapat-dapat kapag sa huli ay pinakitunguhan ka bilang isang masamang tao at kasabwat ng mga anticristo? Kung nananampalataya ka sa Diyos, pero sa halip na sumunod sa Diyos ay mas sinusunod mo ang mga anticristo, at kumikilos ka bilang isa sa kanilang mga tauhan o kasabwat, hindi ba't hinuhukay mo ang sarili mong libingan, at gumagawa ka ng bagay na ikamamatay mo? Kung nananampalataya ka sa Diyos, pero sa halip na magpasakop sa Diyos ay bumibigay ka at sumisilong sa mga kaaway ng Diyos—sa mga anticristo—at ang kinalabasan ay minamanipula at inaabuso ka ng mga anticristong ito, ikaw ang may gawa nito sa iyong sarili. Hindi ba't karapat-dapat ito sa iyo? Kung itinuturing mo ang anticristo bilang iyong master, bilang iyong lider, bilang taong masasandalan, kung gayon ay naghahanap ka ng kanlungan kay Satanas, sumusunod ka kay Satanas, na nangangahulugang ikaw ay napariwara, at naligaw ng landas, at humantong sa puntong hindi ka na makakabalik sa dati. Ano ang saloobing dapat mong taglayin hinggil sa mga anticristo? Dapat mo silang ilantad, at kalabanin. Kung iisa o dadalawa lang kayo at masyado kang mahina para harapin nang mag-isa ang mga anticristo, dapat kang makipagsanib-puwersa sa ilang taong nauunawaan ang katotohanan upang isumbong at ilantad ang mga anticristong ito, at magpatuloy hanggang sa mapaalis sila. Narinig Ko na sa nakaraang dalawang taon, ang mga taong hinirang ng Diyos sa ilang kanayunan sa kalupaang Tsina ay nagkaisa na tanggalin sa puwesto ang mga huwad na lider at mga anticristo; ang ilang huwad na lider at anticristo ay pinuno pa nga ng mga grupo ng mga tagapagpasya, pero sa kabila nito, nagawa pa rin silang tanggalin ng mga taong hinirang ng Diyos. Ang mga taong hinirang ng Diyos ay hindi kinailangang maghintay ng pagsang-ayon mula sa ang Itaas; batay sa mga katotohanang prinsipyo, natukoy nila ang mga huwad na lider at mga anticristong ito—na hindi gumagawa ng tunay na gawain, at laging pinapahirapan ang mga kapatid, na umaakto nang walang pakundangan, at inaabala ang gawain ng

sambahayan ng Diyos—at maagap na hinarap nila ang mga ito. Ang iba ay tinanggal mula sa mga grupo ng mga tagapagpasya, at ang ilan ay pinaalis sa iglesia—na napakabuti! Ipinapakita nito na ang mga taong hinirang ng Diyos ay nasa tamang landas na ng pananampalataya sa Diyos. May mga taong hinirang ng Diyos na nakakaunawa na sa katotohanan at ngayon ay nagtataglay na ng kaunting tayog, hindi na sila kinokontrol at niloloko ni Satanas, naglalakas-loob na silang tumindig at lumaban sa masasamang puwersa ni Satanas. Ipinapakita rin nito na hindi na nakakalamang ang mga puwersa ng mga huwad na lider at anticristo sa iglesia. Kaya hindi na sila naglalakas-loob na maging garapal sa kanilang mga salita at kilos. Sa oras na magpahalata sila, may taong mangangasiwa, kikilatis, at magtatakwil sa kanila. Sa madaling salita, ang katayuan, reputasyon, at kapangyarihan ng tao ay walang dominanteng katayuan sa puso ng mga taong tunay na nakakaunawa sa katotohanan. Ang mga ganoong tao ay hindi nagpapahalaga sa mga bagay na iyon. Kapag ang isang tao ay maagap na nakakapaghanap ng katotohanan at nakakapagbahaginan tungkol dito, at kapag nagsimula na siyang magtaya muli at magnilay sa landas na dapat lakaran ng mga taong nananampalataya sa Diyos at sa kung paano niya dapat tratuhin ang mga lider at manggagawa, at nagsimula na siyang mag-isip kung sino ang dapat sundin ng mga tao, kung aling mga pag-uugali ang taglay ng mga sumusunod sa tao at alin ang taglay ng mga sumusunod sa Diyos, at pagkatapos, sa pangangapa sa mga katotohanang ito at pagdanas ng mga ito sa loob ng ilang taon, kapag nagawa na niyang maunawaan ang ilang katotohanan at maging mapagkilatis, nang hindi niya ito namamalayan—nakapagkamit na siya ng kaunting tayog. Ang kakayahang mahanap ang katotohanan sa lahat ng bagay ay ang makapasok sa tamang landas ng pananampalataya sa Diyos.

Mabuting bagay at mabuting pangyayari para sa mga taong hinirang ng Diyos na magawang kilatisin at itakwil ang mga huwad na lider at anticristo. May mga lider na hindi nakagagawa ng tunay na gawain; puro mga panggagambala at panggugulo lamang ang idinudulot nila, na nagreresulta sa kawalan ng kapayapaan sa buhay ng iglesia. Hindi sila nagugustuhan ng lahat ng kapatid, kaya sa huli, itinatakwil sila ng mga kapatid. Tama bang gawin nila ito? (Tama.) May ibang napipili bilang mga lider, at sa una, sinasabi ng mga kapatid, “Sila ang pinili natin, kaya kailangan nating makipagtulungan sa kanilang gawain.” Kalaunan, lalabas na mali pala ang pagpili sa kanila: Masigasig sila sa kanilang pananampalataya sa Diyos, pero wala silang espirituwal na pang-unawa. Madali silang mabaluktot, at sila ay mapagmataas at mapagmagaling; hindi sila nakikipagtalakayan sa iba tungkol sa mga bagay, at wala silang ginagawang nakaayon sa mga prinsipyo, bagkus ay kumikilos lamang sila nang walang ingat. Ito ay humahantong sa mga paglabag sa seguridad; ang mga kapatid sa iglesia ay palaging naaaresto, at ang gawain ng iglesia ay nakararanas ng mabibigat na pinsala. Hindi lamang hindi pinagninilayan ng lider ang kanyang sarili, binibigyang-katwiran pa niya ang sarili niya, ipinagtatanggol niya ang sarili niya, at umiiwas siya sa responsabilidad. Sa huli, pinagbibitiw siya ng grupo mula sa kanyang puwesto. Sa tingin mo, hinarap ba nila ang sitwasyon nang tama? (Oo.) Oo

talaga! At pagkapaalis nila sa taong iyon, agad silang naghahalal ng iba, at kalaunan, magiging malinaw sa lahat na mas mainam ang taong ito kaysa roon sa huwad na lider, na nagpapatunay na ang pangkat ay may pagkilatis na at umunlad na. Ito ang proseso ng pag-unlad sa buhay ng mga taong hinirang ng Diyos. Lubhang karaniwan ito. Sa tingin mo ba na kapag nakinig ang mga tao sa mga sermon sa loob ng maraming taon, lahat sila ay nagiging mapagkilatis, at tama ang pagpili nila sa bawat lider at manggagawa—na kung sino ang piliin nila, iyon ang hahawak ng puwesto? Ganoon ba iyon? (Hindi.) Kapag hindi nauunawaan ng mga tao ang mga katotohanang prinsipyo, ang pinagtutuunan nila ng pansin sa pagpili ng lider ay laging ang pagpili ng isang taong mautak, magaling makipag-usap, at may kaloob. Magsisimula lang na magkaroon ng pagkilatis ang mga tao kapag lumitaw nang ang taong iyon ay isang huwad na lider o anticristo makalipas ang ilang panahong nakaupo siya sa kanyang puwesto; pagkatapos noon, hindi na sila ulit pipili ng ganoong tao. Kung gayon, sino nga ba ang dapat piliin kapag namimili ng mga lider at manggagawa? Walang nakatakdang mga tuntunin. Pinakanakasalalay ito sa kung ang isang tao ay tamang tao ba at kung hinahangad ba niya ang katotohanan. Sa anumang kaso, kung ang isang tao ay masama o isang anticristo, hindi mo siya dapat piliin, anumang uri siya ng tao. Kung pipiliin mo siya, ipapahamak mo lang ang sarili mo. Hindi ba't ganoon iyon? (Ganoon nga.)

Mabalik sa paksang pinag-uusapan lang natin, iyong pagbatikos at paghiwalay ng mga anticristo sa mga taong naghahangad ng katotohanan: Nasabi na natin ang maaaring sabihin tungkol doon, hindi ba? Paano inihihiwalay at binabatikos ng mga anticristo ang mga naghahangad ng katotohanan? Madalas silang gumagamit ng mga pamamaraang nakikita ng iba bilang makatwiran at akma, gumagamit pa nga sila ng mga debate tungkol sa katotohanan para makakuha ng magagamit na bentaha, para batikusin, kondenahin, at iligaw ang ibang tao. Halimbawa, iniisip ng isang anticristo na kapag ang kapareha niya ay mga taong naghahangad ng katotohanan, maaari itong maging banta sa kanyang katayuan, kaya magbibigay ang anticristo ng matatayog na sermon at magtatalakay ng mga espirituwal na teorya para iligaw ang mga tao at pataasin ang tingin ng mga ito sa kanya. Sa ganoong paraan, puwede niyang maliitin at supilin ang kanyang mga kapareha at katrabaho, at iparamdam sa mga tao na bagama't ang mga kapareha ng kanilang lider ay mga taong naghahangad sa katotohanan, hindi sila kapantay ng kanilang lider pagdating sa kakayahan at abilidad. May mga tao pa ngang nagsasabing, "Matatayog ang mga sermon ng aming lider, at walang makakapantay roon." Para sa isang anticristo, sukdulang kasiya-siya na marinig ang ganoong komento. Iniisip niya, "Kapareha kita, wala ka bang ilang katotohanang realidad? Bakit hindi ka makapagsalita nang mahusay at may kataasan gaya ko? Lubos ka nang napahiya ngayon. Wala kang abilidad, pero naglalakas-loob kang makipagkompetensiya sa akin!" Iyon ang iniisip ng anticristo. Ano ang layon ng anticristo? Sinusubukan niya ang lahat ng posibleng paraan para supilin, maliitin, at pagmataasan niya ang ibang mga tao. Ganito tinatrato ng isang anticristo ang lahat ng taong naghahangad sa katotohanan o

nakikipagtulungan sa kanya. Anuman ang gawin ng isang anticristo, ito ay nakasentro sa sarili niyang kapangyarihan at katayuan, at ito ay para makamit niya ang paggalang at paghanga ng iba. Hindi niya hahayaang mahigitan siya ng kahit sino; ang sinumang mas mahusay sa kanya ay siguradong kanyang mamaliitin, ihihiwalay, at susupilin. Ang mga anticristo ay may mga motibo at layon sa likod ng lahat ng kaparaanang ginagamit nila laban sa yaong mga naghahangad ng katotohanan. Sa halip na hangaring pangalagaan ang gawain ng sambahayan ng Diyos, ang layunin nila ay pangalagaan ang sarili nilang kapangyarihan at katayuan, gayundin ang kanilang posisyon at imahe sa puso ng mga taong hinirang ng Diyos. Ang mga pamamaraan at pag-uugali nila ay mga paggambala at panggugulo sa gawain ng sambahayan ng Diyos, at mayroon ding mapanirang epekto ang mga ito sa buhay iglesia. Hindi ba ito ang pinakakaraniwang pagpapamalas ng masasamang gawa ng isang anticristo? Dagdag pa sa masasamang gawang ito, gumagawa ang mga anticristo ng isang bagay na mas kasuklam-suklam pa, iyon ay na lagi nilang sinisikap na malaman kung paano magkakaroon ng magagamit na bentaha sa mga naghahangad ng katotohanan. Halimbawa, kung nakipagtalik ang ilang tao sa hindi nila asawa o nakagawa sila ng kung anong iba pang pagsalangsang, sinusunggaban ng mga anticristo ang mga ito bilang magagamit na bentaha para mabatikos sila, humahanap ng mga pagkakataon para insultuhin, ilantad, at siraan sila, bansagan sila para pahinain ang kasigasigan nilang gampanan ang kanilang mga tungkulin upang maging negatibo ang pakiramdam nila. Isinasanhi rin ng mga anticristo na magkaroon ng diskriminasyon ang mga taong hinirang ng Diyos laban sa kanila, iwasan sila, at itakwil sila, nang sa gayon ay mahiwalay ang mga naghahangad ng katotohanan. Sa huli, kapag ang lahat ng naghahangad ng katotohanan ay naging negatibo at mahina na ang pakiramdam, hindi na aktibong ginagampanan ang kanilang mga tungkulin, at ayaw nang dumalo sa mga pagtitipon, natupad na ang layon ng mga anticristo. Dahil ang mga naghahangad sa katotohanan ay hindi na banta sa kanilang katayuan at kapangyarihan, at wala nang nangangahas na iulat o ilantad sila, maaari nang mapanatag ang mga anticristo. Ang mga pinakakinamumuhian ng isang anticristo sa iglesia ay ang mga taong naghahangad sa katotohanan, lalo na iyong mga may pagpapahalaga sa katarungan na maglalakas-loob na maglantad at magsumbong ng huwad na lider at anticristo. Itinuturing ng isang anticristo ang mga ganoong tao bilang karayom sa kanyang mga mata, bilang tinik sa kanyang dibdib. Kung may makita siyang tao na naghahangad sa katotohanan at gumaganap sa tungkulin nito nang maluwag sa kalooban, umuusbong ang pagkainis at pagkamuhi sa kanyang puso, na wala ni katiting na pag-ibig. Hindi lang hindi tutulong at hindi susuporta ang isang anticristo sa mga taong naghahangad sa katotohanan, ano pa man ang kanilang paghihirap o gaano man sila kahina o kanegatibo—hindi niya lang ito babalewalain. Sa halip, patago niyang ikatutuwa ito. At kung may nagparatang o naglantad sa kanya, sasamantalain niya ang pagkakataong saktan ang taong iyon kapag ito ay mahina, aakusahan niya ito ng lahat ng uri ng pagkakasala upang turuan ito ng leksiyon, upang kondenahin ito, upang maipit

ito, at sa huli, upang gawin itong napakanegatibo na hindi na nito magampanan pa ang tungkulin nito. Pagkatapos ay ipagmamalaki ng anticristo ang kanyang sarili at magsisimula siyang magalak sa kamalasan ng taong iyon. Sa ganitong uri ng bagay pinakamahusay ang mga anticristo; ang paghiwalay, pagbatikos, at pagkondena sa mga taong naghahangad sa katotohanan ang kanilang pinakamagaling na kadalubhasaan. Ano ang iniisip ng mga anticristo na nagbibigay sa kanila ng kakayahang gumawa ng gayong kasamaan? “Kung yaong mga naghahanap ng katotohanan ay madalas makinig sa mga sermon, maaari nilang mahalata ang mga kilos ko balang araw, at pagkatapos ay siguradong ilalantad at papalitan nila ako. Habang gumaganap sila sa kanilang mga tungkulin, nanganganib ang aking katayuan, katanyagan, at reputasyon. Mas mainam na maunang umatake, maghanap ng mga pagkakataon na samantalain ang magagamit na bentaha para guluhin at kondenahin sila, at gawin silang negatibo, para mawala ang anumang pagnanais nilang gumanap sa kanilang mga tungkulin. Mag-uudyok din ako ng mga alitan sa pagitan ng mga lider at manggagawa at ng mga naghahangad sa katotohanan, para ang mga lider at manggagawa ay kamumuhian sila, lalayuan, at hindi na pahahalagahan o itataas ang kanilang ranggo. Sa gayong paraan, hindi na sila magkakaroon ng anumang pagnanais na hangarin ang katotohanan o gampanan ang kanilang mga tungkulin. Pinakamabuti kung mananatiling negatibo iyong mga naghahangad sa katotohanan.” Ito ang layong nais makamtan ng mga anticristo. Kapag ang isang anticristo o ang isang masamang tao ay binibitag ka, kinokondena ka, at ipinapahiya ka sa kanyang panloloko, kaya mo bang makilatis ang nangyayari? Kaya mo bang mahalata ang mga panloloko ni Satanas? Dapat mong matutunang mangilatis: “Mukhang tama naman ang mga sinabi niya, pero bakit negatibo ang nadama ko pagkatapos? Bakit ayaw ko nang gawin ang tungkulin ko? Bakit mayroon akong mga agam-agam sa Diyos? May problema ba sa sinabi niya? Bakit nagkaroon ito ng negatibong epekto? Bakit pagkatapos nito ay nagkaroon ako ng mga maling pagkaunawa at mga kuru-kuro tungkol sa Diyos, at ayaw ko nang magpasakop? Bakit wala na ang dati kong sigla at kapasyahan na gugulin ang aking sarili para sa Diyos? At bigla na lang akong nagkaroon ng ilang agam-agam tungkol sa gawain ng Diyos—pakiramdam ko ay hindi na malinaw ang mga pangitain ko. Hindi ko alam kung para saan ang pagganap ko nang ganito sa aking tungkulin, at pakiramdam ko ay wala akong maipapakita pagkatapos ng ilang taon ko ng pananampalataya sa Diyos at ng mga paghihirap na dinanas ko. Mayroon nang kaunting kadiliman sa puso ko ngayon.” Medyo hindi normal iyan. Bakit hahantong sa ganoong mga kahihinatnan ang pakikinig sa mga salita na tila tama naman kung pakikinggan? Hindi mo ba nararamdaman na mayroong mali sa mga salita? Kung gayon, anong uri ng mga salita ang mga ito, na nagdudulot ng ganitong reaksiyon sa loob mo kapag naririnig mo ang mga ito? Anong uri ng mga salita ang ginagawa kang mawalan ng tiwala sa Diyos kapag naririnig mo ang mga ito? Una sa lahat, isang bagay ang sigurado: Ang lahat ng salita ng mga anticristo ay mapanlihis; gaya ng ahas, inaakit nilang lahat ang mga tao na magkasala, at na lumayo sa Diyos at tanggihan Siya. Wala ni isang salita

nila ang tumutustos sa mga tao o tumutulong sa mga ito. Saan nanggagaling ang kanilang mga salita? Mula kay Satanas at sa mga diyablo. Kayo ba ay nakakakilatis pagdating sa mga salitang ginagamit ng mga anticristo para batikusin at kondenahin ang mga naghahangad sa katotohanan? Ang tanging kinatatakutan ng mga anticristo ay ang paghahangad ng mga tao sa katotohanan. Natatakot silang magpasakop ang mga tao sa Diyos, na bumangon ang mga tao upang sundin ang Diyos at gampanan ang tungkulin ng mga nilikha; natatakot silang lumapit ang mga tao sa Diyos at hanapin ang katotohanan. Ito ang pinakakinatatakutan nila. Ito ay dahil sa sandaling tumapak sa landas ng paghahangad sa katotohanan ang mga taong hinirang ng Diyos, bumibilis ang kanilang paglago sa buhay, at kasabay nito, tumataas nang tumataas ang kanilang tayog—at kapag ang katotohanan ang naghahari sa puso ng mga tao at naging buhay nila ito, iyon na ang magiging huling araw ng mga anticristo: Haharapin nila ang mahatulan, mabunyag at maitiwalag, at tuluyang maabandona. Ito ang dahilan kung bakit ang pinakakinamumuhian ng mga anticristo ay ang mga naghahangad sa katotohanan. Sa mata ng isang anticristo, ang mga naghahangad sa katotohanan ay mga kinamumuhian kalaban, mga target ng kanilang mga pambabatikos at pamimilit, pati na rin ng kanilang pagkamuhi at pag-abandona, ng kanilang pagpapahamak at pang-aabuso, at, higit pa rito, sila ay mga target para ilihis. Walang paraan ang mga anticristo para ilihis, kontrolin, o bihagin ang puso ng mga taong naghahangad sa katotohanan, at hindi nila kayang basta-basta na lang ihiwalay at batikusin nang lantaran ang mga taong ito, kaya ang natitira na lamang para sa kanila ay ang magsabi ng mga bagay na tila totoo at magandang pakinggan, gamit ang mga banayad na taktika para hilahin ang mga tao pababa sa antas nila. At kung ang mga taong iyon ay hindi susunod sa kanila at hindi nila mapapakinabangan, gagamit sila ng lahat ng uri ng taktika na ubod ng sama para ihiwalay ang mga ito, para gawing negatibo at mahina ang mga ito, at para tanggan pa ang mga ito ng pagnanais na gawin ang kanilang tungkulin—at sa huli, para iwan ng mga ito ang Diyos. Ito ang isa sa mga pangunahing masasamang gawa ng mga anticristo, at ito ang isa pang natatanging katangian ng kanilang kalikasang diwa. Anong katangian ng kanilang kalikasan iyan? Ang kanilang pagiging lihim na mapanira, katusuhan, at pagiging mapaminsala. Upang makamitan ang kanilang ambisyon at layon na mamuno sa iglesia, palaging nanlilihis, nanghihiwalay, at nambabatikos sa mga naghahangad sa katotohanan ang mga anticristo. Ginagawa nila ito para makamit ang kanilang natatagong layon, at gagawin nito ang lahat ng naghahangad sa katotohanan na maging negatibo at mahina, walang sigla sa kanilang pananalig, at may mga maling pagkakaunawa sa Diyos na napukaw sa kanila. Dahil sa sandaling umusbong sa mga taong ito ang mga maling pagkakaunawa sa Diyos at mga reklamo tungkol sa Kanya, hindi na nila hahangarin pa ang katotohanan, ni gagampanan ang kanilang tungkulin nang maluwag sa kalooban—kaya, lalayo sila sa Diyos. At ano ang ibig sabihin nito para sa isang anticristo? Una, ibig sabihin nito ay wala nang magiging banta sa kanyang posisyon; pangalawa, sa sandaling ang mga positibong taong ito ay maging negatibo at

mahina at lumayo sa Diyos, malaya nang maghari ang anticristo sa iglesia para iligaw at limitahan ang mga tao, at kontrolin ang mga taong hinirang ng Diyos, para ang mga ito ay sumunod sa kanila, suportahan sila, at yumuko nang sunud-sunuran sa kanila. At sa gayon, natamo na ang layon ng anticristo. Sa paggawa nito, ginagampanan ba ng mga anticristo ang kanilang tungkulin? (Hindi.) Ano, kung gayon, ang karakter ng lahat ng kanilang ginagawa? (Gumagawa sila ng masama.) Ang “paggawa ng masama” ay isang medyo malawak na paraan para sabihin ito; sa partikular, ginugulo at hinahadlangan nila ang mga tao, pinipigilan nila ang mga tao na tahakin ang landas ng paghahangad sa katotohanan at mailigtas ng Diyos. Kapag nakakakita ang anticristo ng isang taong naghahangad sa katotohanan, labis siyang nagagalit; kinamumuhian niya ito. Gaano kalalim ang pagkamuhing iyon? Kapag may nakita siyang naghahangad sa katotohanan at sumusunod kay Cristo, hindi sumusunod o sumasamba sa kanya at hindi nasa parehong landas niya, babatikusin, ihihiwalay, at susupilin niya ang taong iyon, kating-kati siyang mapaalis ito. Ganoon kalalim ang kanyang pagkamuhi. Bilang pagbubuod, batay sa mga pagpapamalas na ito ng mga anticristo, maaari nating matukoy na hindi nila ginagampanan ang tungkulin ng pamumuno, dahil hindi nila inaakay ang mga tao para kumain at uminom ng mga salita ng Diyos o makipagbahaginan tungkol sa katotohanan, at hindi nila dinidiligan o tinutustusan ang mga tao, para hayaan silang makamit ang katotohanan. Sa halip, ginagambala at ginugulo nila ang buhay iglesia, nilalansag at winawasak ang gawain ng iglesia, at hinahadlangan ang mga tao sa landas ng paghahangad sa katotohanan at pagkakamit ng kaligtasan. Nais nilang iligaw ang mga taong hinirang ng Diyos at magdulot sa mga ito na mawalan ng pagkakataong mapagkalooban ng kaligtasan. Ito ang pinakahuling layon na nais matupad ng mga anticristo sa paggambala at panggugulo sa gawain ng iglesia.

Paano dapat tratuhin ng mga taong hinirang ng Diyos ang mga anticristo? Dapat nilang kilatisin, ilantad, iulat, at itaboy ang mga ito. Saka lamang masisiguro ang pagsunod sa Diyos hanggang sa kahuli-hulihan at ang pagpasok sa tamang landas ng pananalig sa Diyos. Hindi mo mga lider ang mga anticristo, gaano pa man nila iniligaw ang iba na piliin sila bilang mga lider. Huwag mo silang kilalanin, at huwag mong tanggapin ang kanilang pamumuno—dapat mo silang kilatisin at itaboy, dahil hindi ka nila matutulungang maunawaan ang katotohanan, ni hindi ka nila masusuportahan o matutustusan. Ito ang mga katunayan. Kung hindi ka nila maaakay sa katotohanang realidad, hindi sila angkop na maging mga lider o manggagawa. Kung hindi ka nila maaakay na maunawaan ang katotohanan at maranasan ang gawain ng Diyos, sila ang mga lumalaban sa Diyos at dapat mo silang kilatisin, ilantad, at itaboy. Ang lahat ng ginagawa nila ay para iligaw ka na sundan sila, at para isama ka sa kanilang pangkat para sirain at guluhin ang gawain ng iglesia, para maudyukan kang tahakin ang landas ng mga anticristo, gaya nila. Nais ka nilang kaladkarin papunta sa impiyerno! Kung hindi mo makilatis kung ano talaga sila, at naniniwala kang dahil sila ang mga lider mo ay dapat mo silang sundin at pagbigyan, isa kang taong kapwa nagkakanulo sa katotohanan at sa Diyos—at ang ganoong

mga tao ay hindi maliligtas. Kung nais mong maligtas, hindi mo lamang dapat mapagtagumpayan ang paghadlang ng malaking pulang dragon, at hindi mo lamang dapat makilatis ang malaking pulang dragon, makilatis ang nakakakilabot nitong mukha at ganap na maghimagsik laban dito—dapat mo ring mapagtagumpayan ang paghadlang ng mga anticristo. Sa iglesia, ang isang anticristo ay hindi lamang kaaway ng Diyos, kundi kaaway rin ng mga taong hinirang ng Diyos. Kung hindi mo makilatis ang isang anticristo, malamang na maililihis ka nila at mapapakampi ka nila sa kanila, tatahak sa landas ng isang anticristo, at isusumpa at parurusahan ng Diyos. Kung mangyari iyon, ganap na nabigo ang iyong pananalig sa Diyos. Ano ang dapat taglayin ng mga tao para mapagkalooban ng kaligtasan? Una, dapat maunawaan nila ang maraming katotohanan, at magawang makilatis ang diwa, disposisyon, at landas ng isang anticristo. Ito ang tanging paraan para matiyak na hindi mga tao ang sasambahin o susundan habang nananampalataya sa Diyos, at ang tanging paraan para makasunod sa Diyos hanggang sa huli. Ang mga tao lamang na kayang kumilatis ng isang anticristo ang maaaring tunay na manampalataya, sumunod, at magpatotoo sa Diyos. Pagkatapos ay sasabihin ng ilan, “Ano ang gagawin ko kung sa kasalukuyan ay hindi ko taglay ang katotohanan para rian?” Dapat mong sangkapan agad ng katotohanan ang sarili mo; dapat mong matutunang kilatisin ang mga tao at bagay-bagay. Ang pagkilatis sa isang anticristo ay hindi simpleng bagay, at nangangailangan ng kakayahang makita nang malinaw ang kanyang diwa, at mahalata ang mga pakana, panlalansi, intensiyon at layon sa likod ng lahat ng kanyang ginagawa. Sa gayong paraan ay hindi ka niya maililihis o makokontrol, at makakaya mong manindigan, ligtas at matatag na hangarin ang katotohanan, at maging matatag sa landas ng paghahangad ng katotohanan at pagtatamo ng kaligtasan. Kung hindi mo mapagtagumpayan ang paghadlang ng isang anticristo, maaaring sabihin na nasa malaking panganib ka, at malamang na mailihis at mabihag ka ng isang anticristo at madala ka na mamuhay sa ilalim ng impluwensiya ni Satanas. Posible na may ilan sa inyo na humahadlang at tumitisod sa mga taong naghahangad sa katotohanan, at sila ay mga kaaway ng mga taong iyon. Tinatanggap ba ninyo ito? May ilang hindi nangangahas na harapin ang katunayang ito, ni nangangahas na tanggapin ito bilang katunayan. Pero ang panlilihing ng mga anticristo sa mga tao ay talagang nangyayari sa mga iglesia, at madalas itong nangyayari; hindi lamang ito makilatis ng mga tao. Kung hindi mo malalagpasan ang pagsubok na ito—ang pagsubok ng mga anticristo, ikaw ay inililihis at kinokontrol ng mga anticristo o kaya naman ay pinagdurusa, pinahihirapan, itinutulak palabas, sinusupil, at inaabuso nila. Sa huli, hindi makatatagal ang kaawa-awa at walang kabuluhan mong buhay, at malalanta ito; hindi ka na magkakaroon ng pananalig sa Diyos, at sasabihin mo, “Ni hindi nga matuwid ang diyos! Nasaan ba ang diyos? Walang katarungan o liwanag sa mundong ito, at walang pagliligtas ng diyos sa sangkatauhan. Mas mabuti pang gugulin natin ang ating mga araw na nagtatrabaho at kumikita ng pera!” Itinatatwa mo ang Diyos, lumalayo ka sa Diyos, at hindi na naniniwalang Siya ay umiiral; lubos nang nawala ang anumang pag-asa na makakamit

mo ang kaligtasan. Kaya, kung nais mong makarating kung saan maaari kang mabigyan ng kaligtasan, ang unang pagsubok na kailangan mong maipasa ay ang magawang mamalayan at mahalata si Satanas, at dapat ay mayroon ka ring tapang na manindigan at ilantad at itakwil si Satanas. Nasaan, kung gayon, si Satanas? Si Satanas ay nasa iyong tabi at nasa palibot mo; maaari pa ngang namumuhay sa loob ng iyong puso. Kung nabubuhay ka na pinamumunuan ng disposisyon ni Satanas, maaaring masabi na ikaw ay kay Satanas. Hindi mo makikita o mahahawakan ang Satanas at ang masasamang espiritu ng espirituwal na mundo, ngunit ang mga Satanas at ang mga nabubuhay na diyablo na umiiral sa totoong buhay ay nasa lahat ng dako. Ang sinumang tao na tutol sa katotohanan ay masama, at ang sinumang lider o manggagawa na hindi tumatanggap sa katotohanan ay isang anticristo o huwad na lider. Hindi ba't ang gayong mga tao ay mga Satanas at nabubuhay na diyablo? Maaaring ang mga gayong tao mismo ang sinasamba at hinahangaan mo; maaaring sila ang mga taong namumuno sa iyo o mga taong matagal mo nang hinahangaan, pinagkakatiwalaan, sinasandigan, at inaasam sa iyong puso. Sa totoo lang, gayumpaman, sila ay mga hadlang sa iyong landas at pumipigil sa iyong hangarin ang katotohanan at tamuhin ang kaligtasan; sila ay mga huwad na lider at anticristo. Maaari nilang kontrolin ang iyong buhay at ang landas na iyong nilalakaran, at maaari nilang sirain ang pagkakataon mong mabigyan ng kaligtasan. Kung mabibigo kang makilatis at mahalata sila, anumang sandali ay maaari kang mailihis at mabihag. Kaya, ikaw ay nasa malaking panganib. Kung hindi mo mapapalaya ang iyong sarili mula sa panganib na ito, ikaw ay sakripisyo ni Satanas. Ano't anuman, ang mga taong naililihis at nakokontrol, at nagiging mga tagasunod ng isang anticristo ay hindi magtatamo ng kaligtasan kailanpaman. Dahil hindi nila minamahal o hinahangad ang katotohanan, tiyak na ang magiging resulta ay maililihis sila at susunod sila sa isang anticristo.

Akala ng ibang tao ay mga tao silang naghahangad sa katotohanan at sinasabi nilang nakikilatis nila ang mga anticristo. Sobrang taas ng tingin nila sa kanilang sarili, hindi ba? Kapag may nakatagpo kang isang halatang anticristo, isa na ipinapakita ang kanyang mga pangil, may mahinang pagkatao at gumagawa ng masasamang gawa, makikilala mo siya nang natural. Pero kapag may nakatagpo kang anticristo na mukhang maka-diyos, malumanay magsalita, at parang isang mabait na tao—isang anticristo na tumutugma sa mga kuru-kuro ng mga tao—matapang mo pa rin bang maipapahayag na kaya mong makilatis kung ano talaga siya? Maglalakas-loob ka bang ilarawan siya na isang anticristo? Kung hindi mo siya kayang kilatisin, siguradong hahangaan mo siya at magiging mabait ka sa kanya, at sa gayon ay siguradong makakaimpluwensiya sa iyo ang kanyang pag-uugali, ang kanyang mga opinyon at pananaw, ang kanyang mga kilos—maging ang kanyang pagkaunawa sa katotohanan—ay tiyak na iimpluwensiya sa iyo. Gaano kalalim makakaimpluwensiya sa iyo ang mga bagay na ito? Hahangaan mo ang anticristo, gagayahin siya, tutularan siya, susundan siya, na makakaapekto sa iyong buhay pagpasok; maaapektuhan nito ang iyong paghahangad sa katotohanan at

pagpasok sa realidad, maaapektuhan nito ang saloobin mo sa Diyos, at maaapektuhan nito kung tunay ka bang magpapasakop at susunod sa Diyos hanggang wakas o hindi. Sa huli, ang anticristo ang magiging diyus-diyosan mo, magkakaroon siya ng lugar sa puso mo, at hindi mo siya matatakan. Kapag nailihis ka na nang ganito kalala, mayroon ka na lamang katiting na pag-asang maligtas, dahil ang iyong relasyon sa Diyos ay nawasak na, nawala na ang normal na relasyon mo sa Diyos, at ikaw ay nasa bingit ng panganib. At ito ba ay isang sakuna o isang pagpapala para sa iyo? Siyempre isa itong sakuna; tiyak na hindi ito isang pagpapala. Kahit na, sa maliliit na bagay, ay may ilang anticristo na makakatulong sa iyo, at magiging kapaki-pakinabang sa iyo, o kung hindi naman ay makakapangaral ng mga salita at doktrinang magbibigay—liwanag sa iyo, sa sandaling nailihis ka nila, sinamba mo sila, at sinundan sila, nasa panganib ka. Idinulot mo ang pagkawasak ng iyong sarili, at nawala ang pagkakataon mong maligtas. Sinasabi ng iba, “Hindi siya isang Satanas o isang masamang tao, mukha siyang espirituwal na tao, isang taong naghahangad sa katotohanan.” May katotohanan ba sa mga salitang ito? (Wala.) Bakit wala? Sa sinumang totoong naghahangad sa katotohanan, ang impluwensiya o pakinabang ng kanyang gabay, tulong, at pagtustos ay nagsisilbi para dalhin ka sa harap ng Diyos para iyong hanapin ang Kanyang mga salita at ang katotohanan, at para lumapit ka sa Diyos at matutong sumandig sa Kanya at hanapin Siya, at mapapalapit nang mapapalapit ang relasyon mo sa Kanya. Sa kabaligtaran, ano ang kalalabasan kung mapapalapit nang mapapalapit ang relasyon mo sa anticristo, hanggang sa maging sunud-sunuran ka na sa kanya? Malilihis ka sa maling landas at magdadala ng kapahamakan sa iyong sarili. Kapag mayroon kang malapit na relasyon sa isang anticristo, napapalayo ang iyong relasyon sa Diyos. At ano ang kahihinatnan nito? Dadalhin ka ng anticristo sa harapan niya, at lalayo ka sa Diyos. Kung mayroon kang diyus-diyosan sa iyong puso, sa sandaling magsimula kang magkaroon ng mga kuru-kuro tungkol sa mga salita at gawain ng Diyos, o kapag isiniwalat ng mga salita ng Diyos ang diyus-diyosan mo, agad kang maghihimagsik laban sa Diyos, at baka kalabanin at ipagkanulo mo pa nga ang Diyos; papanig ka sa iyong diyus-diyosan at kakalabanin ang Diyos. Madalas itong mangyari. Kapag ang ilang huwad na lider at anticristo ay tinanggal o pinatalsik, ang kanilang mga kasabwat at tauhan ay nagsisimulang ipagtanggol sila at magreklamo; may ilan pa ngang nagiging negatibo at tumitigil na sa pananampalataya sa Diyos. Karaniwan ito, hindi ba? At bakit tumitigil na sila sa pananampalataya? Sinasabi nila, “Ang aming lider ay tinanggal at pinatalsik, kaya anong pag-asa ang mayroon ako, na isang ordinaryong mananampalataya?” Hindi ba’t kalokohan ito? Ipinapahiwatig ng kanilang mga salita na sinusunod nila ang anticristo, na ganap na silang nailihis ng anticristo. At ano ang kinahinatnan ng kanilang pagkalahis? Ang anticristo ang naging diyus-diyosang sinasamba nila; naging parang ninuno nila ang anticristo: Paanong hindi sila aalis, kung pinatalsik ang kanilang ninuno? Sa anticristo lang sila nakikinig, at nasa ilalim sila ng buong kontrol ng anticristo. Iniisip nila na ang lahat ng sinasabi at ginagawa ng anticristo

ay tama, at dapat tanggapin at sundin bilang katotohanan, kaya hindi nila pinahihintulutan ang kahit sino sa sambahayan ng Diyos na ilantad at kondenahin ang anticristo. Sa sandaling patalsikin ng sambahayan ng Diyos ang anticristo, ang mga sumusunod sa anticristo ang mismong aalis sa iglesia; “Ang puno ay natumba at ang mga unggoy ay naglipana,” wika nga nila. Ipinapakita ng ganoong mga bagay na ang mga anticristo at ang kanilang mga tagasunod ay mga alipin ni Satanas, na dumating para gambalain at guluhin ang gawain ng Diyos. Sa sandaling sila ay maibunyag, mailantad, at maitaboy ng mga taong hinirang ng Diyos, matatapos ang kanilang pananalig sa Diyos. Ang mga tagasunod ng mga anticristo ay may iisang malinaw na nakikitang katangian: Hindi sila nakikinig sa mga salita ninuman; ang mga anticristo lamang ang pinakikinggan nila. At kapag nailihis na sila ng mga anticristo, tumitigil na ang pakikinig nila sa mga salita ng Diyos, at ang anticristo lamang ang kinikilala nila bilang kanilang panginoon. Sa ganito, hindi ba’t nailihis na sila, hindi ba’t kinokontrol sila? Ang mga tagasunod lamang ng mga anticristo ang magtatanggol sa mga anticristo. Kapag inilantad at ibinunyag ang mga anticristo, ang mga taong sumusunod sa kanila ay nababalisa para sa kanila, umiiyak ang mga ito para sa kanila, nagrereklamo ang mga ito para sa kanila at sinusubukan ng mga itong ipagtanggol sila. Sa ganoong mga panahon nakalimutan na nila ang Diyos, at hindi na sila nagdarasal sa Diyos o naghahanap sa katotohanan; ang tangi na lang nilang ginagawa ay ipagtanggol ang mga anticristo at pigain ang utak nila para sa mga ito; ni hindi na nga nila kinikilala ang Diyos. Nananampalataya ba talaga sila sa Diyos? Kanino ba sila totoong nananampalataya? Malinaw na malinaw na ito. Kahit ano pa ang sabihin o gawin nila, iisa lamang ang hangad ng mga anticristo: Ito ay ang pamunuan ang mga tao, maging panginoon ng mga ito, at gusto nilang sundan at sundin sila ng lahat na parang mga alipin, at sa huli ay tratuhin sila ng mga ito bilang Diyos. Paano ito naiiba sa landas na tinahak ni Pablo? Noong malapit nang matapos ang gawain ni Pablo, sinabi niya ang mga salitang nasa kanyang puso; sinabi ni Pablo na para sa kanya ang mabuhay ay si cristo, at ang pakay niya sa pagsasabi nito ay para tularan siya ng lahat ng nanampalataya sa Panginoon, sundan siya, at tratuhin siya bilang Diyos. Ito ang pakay ni Pablo sa pagsasabi ng mga salitang ito, hindi ba? At kung aabot talaga ang gawain ng mga anticristo sa puntong kung saan sinasamba at sinusunod sila ng mga tao, mawawalan na ng lugar ang Diyos sa puso ng mga taong ito; nasakop na ng mga anticristo ang kanilang puso. Ito ang kahihinatnan. Sinasabi mo na hindi ka nag-aalala na maililihis ka ng anticristo, na wala kang takot na sumunod sa isang anticristo, pero walang silbing sabihin ito. Ito ay isang magulong pahayag. Ito ay dahil kung hindi mo hinahangad ang katotohanan at lagi mong sinasamba at sinusunod ang mga tao, tatahakin mo ang landas ng mga anticristo nang hindi mo namamalayan. Ang pananampalataya sa Diyos nang maraming taon pero walang patotoong batay sa karanasan, at hindi lang ang hindi pagkakamit ng katotohanan at buhay, kundi ang pagiging isang tao pang kumontra sa Diyos: ito ang pinakahuling kahihinatnan ng pagsunod sa mga anticristo, at ito ay isang bagay na hindi mo matatanggal sa iyong sarili, ito ay isang katunayang hindi

mababago. Tulad ito ng kapag hinawakan ng isang tao ang daloy ng kuryente: Siguradong makukuryente siya. Puwedeng sabihin ng ilan, “Hindi ako naniniwala ryan; hindi ako natatakot”—pero ito ba ay usapin ng kung pinaniniwalaan mo ito o kung natatakot ka? Hawakan mo ang daloy ng kuryente, at zap! Makukuryente ka. Hindi makakatulong ang hindi paniniwala rito. Ang hindi paniniwala rito ay kamangmangan; ito ay iresponsableng bagay na sabihin. Kaya, handa ka mang sumunod sa anticristo o hindi, kung hindi mo hinahangad ang katotohanan, at ang iyong mga pagsisikap ay laging nakatutok sa kasikatan, pakinabang, at katayuan, tinatahak mo na ang landas ng mga anticristo. Ang kahihinatnang ito ay magpapakita nang paunti-unti, parang dumi na lumulutang papunta sa ibabaw. Hindi ito maiiwasan. Ang ginagawa ng mga anticristo ay akayin ang mga tao papunta sa harapan nila, ipinapatanggap sa mga ito ang kontrol at pagmamaniwala nila, kaysa tanggapin ang mga pamamatnugot at pagsasaayos ng Diyos, o magpasakop sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos. Gusto ng mga anticristo na kunin ang loob ng mga tao, gusto nilang makamit ang mga ito, pakay nilang makontrol ang lahat ng taong hinirang ng Diyos, makontrol ng mga kamay nila ang mga taong hinirang ng Diyos; mga ilegal na mangangalakal sila. At ano ang ginagamit ng mga anticristo para matupad ang pakay nilang makontrol ang mga tao? Ginagamit nila ang espirituwal na doktrinang sinasamba ng mga tao, gumagamit sila ng mga teoryang mapanlinlang, sinasamantala nila ang tiwaling mentalidad ng mga tao na sumamba sa teorya para magpaliguy-ligoy at magpalamuti, para iligaw ang mga tao. Sa madaling salita, ang lahat ng kanilang sinasabi ay mga salita at doktrina lang, hungkag na teorya, mga bagay na mapanlinlang at labag sa katotohanan. Kung hindi nauunawaan ng mga tao ang katotohanan, talagang maililigaw sila; kahit papaano, may panahong maililigaw muna sila bago sila mahihimamasan. Kapag nahimamasan na sila ay malalantad na ang mga anticristo, kung kailan makakaramdam sila ng pinakamatinding pagsisisi. Matagal nang nawala ang gawain ng Banal na Espiritu sa mga taong sumusunod sa mga anticristo; ito ay dahil sinasamba nila ang mga diyos-diyosan sa kanilang puso, sinusundan ang mga tao, at itinataboy sila ng Diyos, at isinantabi na Niya sila para ibunyag sila. Kaya napakamapanganib na sumunod sa mga anticristo; gaya ng mga anticristo, ang mga taong sumusunod sa mga anticristo ang pinaka-kinasusuklaman ng Diyos. At ano ang pakay ng Diyos sa pagsasantabi sa mga taong ito? Ito ay para hintayin ang mga taong hinirang ng Diyos na mahimamasan, para magawang matukoy at mailantad ang mga anticristo, at para lubusang matanggihan ang mga anticristong ito, na sa panahong iyon ay dumating na ang mga huling araw ng mga anticristo. Hindi ba’t nakakasama sa mga tao ang lahat ng ginagawa ng mga anticristo? Hindi nila hinahangad ang katotohanan at sinusubukan nilang iligaw at kontrolin ang mga taong hinirang ng Diyos, hindi nila hinahayaang hangarin ng mga tao ang katotohanan, hindi sila nagpapasakop sa gawain ng Diyos, at sinusubukan nilang iligaw ang mga taong hinirang ng Diyos para sumunod ang mga ito sa kanila—ang lahat ng ito ay nagpapakita na ang mga anticristo ay walang anumang pusong may takot at nagpapasakop sa Diyos at walang pagmamahal para sa katotohanan.

Sa halip, nag-iisip sila ng kahit anong paraang kaya nila para makapanggulang sila ng katayuan at kapangyarihan para kalabanin ang Diyos at makipagkompetensiya sa Diyos para sa Kanyang mga hinirang, at sa huli ay gumagawa sila ng sarili nilang kaharian bilang paglaban sa Diyos—ang lahat ng ito ay nagpapakita na ang mga anticristo ang mga mortal na kaaway ng Diyos na nagkatawang-tao, at ang mga layon mismo ng pagwasak ng Diyos. Wala nang mas mapanganib pa sa pananalig ng mga tao sa Diyos kaysa sa kapag sila ay nalihis at nakontrol ng mga anticristo. Kung nasimulan nang sundan ng mga tao ang mga anticristo, kung ganap na silang nasa panig ng mga anticristo, sila ay mga taong ipinagkanulo ang Diyos at kumakalaban sa Diyos, na sa ganoong kaso ay alam na natin ang kalalabasan nila.

Iyon na halos lahat ang mapagbabahaginan tungkol sa kung paano inihihiwalay at binabatikos ng mga anticristo ang mga taong naghahangad sa katotohanan. Ang kanilang layon at intensiyon sa paghiwalay at pagbatikos sa mga taong naghahangad sa katotohanan, at ang saloobin, mga pamamaraan, at mga teknik kung papaano nila tinatrato ang mga taong naghahangad sa katotohanan, pati na rin ang mga pagkilos tungo sa mga anticristo na dapat taglay ng mga taong naghahangad sa katotohanan—pinagbahaginan na natin nang kaunti ang bawat isa sa mga ito, pero hindi pa nang masinsinan. Ang pagbabahaginan sa hinaharap ay puwedeng tumalakay sa katotohanan sa mga bahaging ito ayon sa naaangkop sa mga partikular na pangyayari at partikular na kaso. Kapag nakikipagbahaginan sa ganoong mga partikular na paksa, anong saloobin ang dapat taglay ng mga tagapakinig ng sermon? Dapat silang tumutok, tumahimik sa harap ng Diyos, at hindi lumipad ang isip, dahil ang bawat aspekto ng katotohanan ay may mga partikular na pahayag at depinisyon, at ang bawat isa ay may partikular na nilalaman at mga prinsipyo ng pagsasagawa. Dagdag pa rito, magsasalita tayo mula sa iba't ibang anggulo at sa iba't ibang paraan ng mga konseptuwal na bagay na kinapapalooban ng katotohanan sa loob ng bawat bahagi ng paksa, pati na rin ang mga katotohanan na dapat maunawaan ng mga tao at ang landas kung saan sila dapat magsagawa. Ang lahat ng ito ay dapat pinagbabahaginan at pinag-iisipan hanggang sa puntong maging malinaw ito bago ito magbubunga ng mga resulta. Nakikita natin ngayon, sa pamamagitan ng ating detalyadong pagbabahaginan, na ang mga katotohanang prinsipyo na nakapaloob sa paggawa ng tungkulin ng isang tao ay hindi kasingsimple ng inaakala ng mga tao. Ang pag-unawa sa katotohanan ay mahirap talaga para sa mga taong walang kakayahang makaarok. Ang pag-unawa sa katotohanan, tulad ng pag-aaral sa pamantasan, ay may kaakibat na kaunting antas ng paghihirap, pero hindi mararamdaman ng isang tao na ito ay mahirap kung mayroon siyang kakayahang makaarok. Basta't kaya ng isang tao na maunawaan ang katotohanan pagkatapos niya itong marinig, natural na magkakaroon siya ng landas para isagawa ito, at habang mas lalo siyang nagsasanay na isagawa ang katotohanan, mas lumalawak ang landas niya ng pagsasagawa nito, at magkakaroon siya ng mas tumpak na pagkaarok sa mga prinsipyo. Sa kabilang banda, kung hindi ka nakikinig sa ganoon kadetalyadong pagbabahaginan at

mga pangkalahatan at konseptuwal na bagay lamang ang nauunawaan mo, hindi ka makakakilos nang malaya pagdating sa pagsasagawa. Kapag hinahanap mo ang mga katotohanang prinsipyo, magmumukhang mali ang bawat daan na tatahakin mo, at mararamdaman mong hindi mo maarok nang tumpak ang mga ito, kahit ano pa ang gawin mo. Pero ngayon, dahil sa ganitong mga kongkretong depinisyon at espesipikasyon, kapag ang saklaw ay napaliit na at ang katotohanan ay ginawang partikular, mas magiging malaya ka kapag sinimulan mo ulit isagawa ang katotohanan, dahil idinetalye ito. Halimbawa, sabihin nating hiniling Ko sa iyo na bumili ka ng kuwaderno. Kung ibinigay Ko lamang sa iyo ang ganoong mga pangunahing hinihingi gaya ng laki, kapal, at presyo nito, puwedeng kailanganin mong magsikap para maarok ang mga prinsipyong ito at maisagawa ang mga ito. Pero kung sinabi Ko sa iyo ang mga bagay gaya ng mismong kulay, laki, bilang ng mga pahina, tiyak na ayos, at kalidad ng papel ng kuwaderno—sa pagsasabi Ko ng mga detalyeng ito, hindi ba’t magiging mas kongkreto ang mga prinsipyong maaarok mo? At kung naging mas partikular pa Ako, at binigyan kita ng isang pirasong papel at sinabi Ko sa iyo na bumili ka ng kuwaderno na pareho ang kalidad ng papel, kapal, kulay, at laki at dami ng grid, o kung nagbigay Ako ng mga espesipikasyon sa mga pagpapahintulot sa bawat katangian, kapag bibilhin mo na ito, hindi ba’t mababawasan ang dami ng pagpipilian? (Oo.) Hindi ba’t mas magiging kongkreto at dadali para sa iyo ang mga nauukol na prinsipyo kapag nagsagawa ka na? Makakatulong ba ito o magpapahirap sa iyong pagsasagawa? (Makakatulong ito.) Dapat itong makatulong, sa katunayan, dahil ang iba’t ibang aspekto ng katotohanan ay naisaad nang mas kongkreto at nang mas espesipiko, hanggang sa mga detalye ng kung papaano dapat tratuhin ang mga partikular na usapin, ang mga partikular na pagpapamalas, at ang mga detalye ng kung paano magsagawa—ang lahat ng ito ay inilahad nang komprehensibo sa iyo. Kung hindi mo pa rin ito maisasagawa, wala kang anumang kakayahan na maarok ang katotohanan.

Kung may kakayahan kayo ngayon na maarok ang katotohanan ay mahalaga sa kung makakamit ba ninyo ang katotohanan at magagawa kayong perpekto. Ngayon, nagawa Ko nang hatiin sa anim na uri ang mga katotohanang may kaugnayan sa pasok sa pamantayan na pagganap ng tungkulin, ayon sa tauhan na gumagawa ng bawat tungkulin; ang bawat isa sa mga uring iyon ay hinahati pa sa mga partikular na kategorya, at sa bawat kategorya ay may mas maliliit na kategorya ng detalyadong pagbabahaginan. Sa kaso ninyo, ang ganitong uri ba ng pangangaral at ang pagbabahaginan sa ganoong mga katotohanan ay nag-aakay sa inyo sa mas mabuting pagkaunawa ng katotohanan at nagbibigay sa inyo ng mas maraming prinsipyong isasagawa, o ginagawa ba nitong mas mahirap na hanapin ang mga prinsipyo? (Mas marami kaming prinsipyo dahil dito.) Dapat kayong akayin nito sa mas malawak na pang-unawa, at dahil ganoon, makakatulong dapat sa inyo ang Aking detalyadong sermon. Dapat kayong bigyan nito ng higit na kalinawan, hindi ng higit na pagkalito. Nakadepende ito sa kung mayroon bang kakayahan ang isang tao na maarok ang katotohanan. Kung ang isang tao ay

talagang isang tao na may mabuting kakayahan na may espirituwal na pang-unawa, mararamdaman niyang lalo siyang nalilinawan; kung ang isang tao ay may mahinang kakayahan at walang espirituwal na pang-unawa, lalo niya itong hindi mauunawaan, at mas lalo lang siyang malilito. Puwedeng sabihin ng iba, “Dati pakiramdam ko ay nakaunawa na ako nang kaunti, pero ngayon, habang mas marami akong naririnig, mas lalo akong nalilito, na para bang wala nang anumang laman sa kalooban ko. Ano ang nangyayari ryan?” Kung ang pag-uusap tungkol sa buhay pagpasok ay masyadong detalyado, mahirap para sa mga tao na maunawaan ito kung wala silang karanasan at mahina ang kanilang kakayahan. Habang mas detalyado ang pag-uusap, mas malamang na mababalahaw ang mga taong mahina ang kakayahan. Bakit malamang na mababalahaw sila? May iba-ibang kondisyon dito. Ang isa ay dahil walang espirituwal na pang-unawa ang ganoong mga tao. Hindi nila nauunawaan ang katotohanan—ibig sabihin, hindi nila nauunawaan kung ano ang katotohanan o kung ano ang partikular na kalagayan. Hindi nila nauunawaan ang mga bagay na ito. Ang kondisyong ito ay ang kawalan ng kakayahan na maarok ang katotohanan. Sa ganoong mga tao, mayroon lang iisang huling paraan na dapat gawin: ang sabihin sa kanila kung ano mismo ang dapat nilang gawin kapag may nangyayari sa kanila, gaya ng pagpoprograma sa isang robot na gawin ang mga iniutos ayon sa kinakailangan. Sapat nang pasunurin lang sila sa mga patakaran. Ang paraang ito ay magbubunga ng mga resulta sa ganoong mga tao; wala nang iba pang paraan para sa kanila. Ginagamit Ko ang huling paraang ito ngayon, nagsasalita nang napakadetalyado, hanggang sa mga pinakakongkretoong bagay—kumikilos pababa hanggang sa mga pinakakongkretoong bagay. Mayroong mga taong nagsasabi na hindi pa rin nila nauunawaan, kaya magpapatuloy Ako at sasabihin Ko sa kanila kung paano mismo tatratuhin at haharapin ang anumang mangyayari sa kanila. Pinapasunod Ko sila sa mga patakaran; ito lang ang magagawa Ko, dahil wala silang kakayahang maarok ang katotohanan. Hindi eksaktong magkakapareho ang kalagayan ng bawat isa, pero maliit lang ang mga pagkakaiba. Kung pagsasalitain ninyo Ako nang partikular at malinaw tungkol sa bawat isa sa kanila, paisa-isa, mahihirapan Akong makuha silang lahat, dahil masyadong marami sa inyo ang mahina ang kakayahan. Kayong mga may espirituwal na pang-unawa at kakayahang maarok ang katotohanan ay kailangang gawin ang bahaging iyon ng gawain. Nagawa Ko na nang lubusan ang gawain Ko. Iyon lang ang magagawa; nagawa Ko na ang lahat ng Aking makakaya. Ang lahat ng nagawang gawain at ang lahat ng salitang sinabi ng Diyos na nagkatawang-tao ay mauunawaan at maaabot ng ordinaryong tao. Hanggang diyan lang ang puwedeng magawa sa mga taong may pag-iisip at mga reaksiyon ng normal na pagkatao. Tinatanong ng ilan, “Hindi ba gagawa ng mga himala ang Diyos?” Hindi gumagawa ng mga himala ang Diyos; ang lahat ng ito ay kailangang gawin sa tunay at praktikal na paraan. Tulad lang din ng gawain ng Diyos sa tatlong yugto: simula sa Kanyang pagpapahayag ng mga kautusan sa sangkatauhan upang pamunuan sila sa kanilang mga buhay, hanggang sa pagpapapako sa krus at paggawa ng gawain ng pagtubos, at

mula roon papunta sa mga huling araw, kung saan ang pagkakatawang-tao ng Diyos ay nagpapahayag ng lahat ng katotohanan na nagliligtas sa sangkatauhan—ang bawat yugto ay ginagawa sa tunay at praktikal na paraan, nagsasalita at gumagawa, nang kaharap ang tao. Walang mga himalang nakapaloob dito. Ang pinakamalaking himala ay na personal na nagsasalita at gumagawa ang Diyos Mismo, at na anumang paraan ang gamitin Niya, sa huli ay gagawin Niyang ganap ang isang grupo ng mga tao at kakamtin Niya sila. Siguradong maisasakatuparan ito; kailangan lang ng panahon. Ito ang pinakamalaki sa mga tanda at kababalaghan, at hindi gagamit ang Diyos ng iba pang higit sa natural na paraan para itanim ang katotohanan sa puso ng tao. Ngayong napagbahaginan na nang detalyado ang mga katotohanang ito, kung mayroon kang kakayahang makaarok at isa ka talagang taong naghahangad sa katotohanan, kung talagang bibigyan mo ito ng pansin at magsisikap ka nang kaunti, magiging imposible para sa iyo na hindi maunawaan ang katotohanan o ang mga prinsipyo ng pagsasagawa. May ilang nagsasabi na minamahal nila ang katotohanan, pero pagkatapos makinig sa mga sermon sa loob ng napakaraming taon, bakit hindi pa rin nila ito nauunawaan? May dalawang posibilidad. Ang isa ay wala talaga silang espirituwal na pang-unawa, at hindi nila kayang maarok ang katotohanan; ang isa pa ay hindi talaga nila minamahal ang katotohanan, at hindi sila kailanman nagsumikap na hangarin ito. Ang mga ito ay dalawang posibleng kadahilanan. May ibang mga taong nagsasabing hindi nila nauunawaan ang katotohanan dahil hindi pa sila matagal na nananampalataya sa Diyos, at hindi pa nakapakinig sa maraming sermon, at wala pang gaanong karanasan. Isa pa itong dahilan. Pero, kung ikaw ay isang tao na nagmamahal talaga sa katotohanan, habang nadadagdagan ang mga taon ng pananampalataya mo sa Diyos, mas lalago ang pagkaunawa mo sa katotohanan, at mas lalago ang iyong espirituwal na tayog.

Sa pagbabahaginan sa kahit anong aspekto ng katotohanan, hindi sapat ang ilang salita para mailahad ito nang buo, sa paraang makakalutas ng mga problema. Sa mga tao sa kasalukuyan, ang mga paglalahat ay doktrina lang, teorya lang. Kaya, paano Ko maipauunawa sa mga tao at paano Ko maipagagawa sa kanila, na sa sandaling tanggapin nila ang isang bagay, ay gawin nila itong mga prinsipyo ng kanilang pagsasagawa? Kailangan Kong magsalita nang mas tiyak at mas detalyado. Nagkukuwento man Ako ng istorya o nakikipagbahaginan sa katotohanan, o nagsasalita tungkol sa pagsasagawa, dapat na, sa kabuuan, ay maging mas detalyado at partikular ang mga ito. Ang partikular na pananalita ay kapaki-pakinabang sa inyo. Kaya, kailangan Kong laging pigain ang Aking utak para makapag-isip ng mga kuwento at halimbawa para sa inyo, para mas lalo ninyong maunawaan. Ginagawa Kong kongkreto ang lahat ng katotohanang ito sa bawat insidente, at isinasama Ko ang mga katotohanang ibinabahagi Ko sa bawat insidenteng isinasalaysay Ko, para magkaroon kayo ng larawan sa inyong isipan kung saan maikukumpara ninyo ang inyong mga sarili para makita ninyo kung kumilos na ba kayo sa ganoong paraan, o kung kikilos kayo tulad ng ganoong tao, o kung nakapag-isip na ba kayo sa ganoong paraan, o kung nakulong na ba kayo sa ganoong kalagayan.

Habang nakikinig kayo sa mga katotohanang ito, ginagawa Ko na tuloy-tuloy ninyong mailarawan sa inyong isip ang mga ito, na parang nakapaloob kayo rito. Ito ang dahilan kung bakit Ako nagkukuwento at nagbibigay ng mga halimbawa. May ilan na naiinip sa oras na marinig nilang magsimula ang isang kuwento. “Isa na namang kuwento? Ano ako, isang batang tatlong taong gulang?” Puwedeng hindi ka nga bata sa edad, pero sa landas ng pananampalataya sa Diyos at paghahangad sa katotohanan, puwedeng mas bata ka pa nga sa tatlong tatlong gulang—iyan ang katunayan ng usapin. Kaya, ang pagtrato sa inyo bilang wala pang tatlong taong gulang na mga bata ay hindi pang-iinsulto sa inyo, at hindi talaga ito kalabisan; sa nakikita Ko, ito ay napakataas na pagtatasa sa inyo. Kapag narinig ng isang tatlong taong gulang na bata na sabihin ng isang matanda na matalim ang gunting at hindi ito dapat hawakan, tatandaan niya ito bilang prinsipyo. Hindi niya ito hahawakan at hindi rin niya hahawakan ang mga kagamitan o patalim na kamukha nito. Alam niya na matalim ang lahat ng ito; alam niya na kailangan niyang makabisado ang prinsipyong ito. Kung gayon, kaya ba ng mga tao na makahanap ng mga prinsipyo sa isang bagay na sunud-sunod nilang naranasan nang ilang beses sa kanilang pagsasagawa? Ibig sabihin, kaya mo bang maunawaan ang mga layunin sa likod ng mga kilos ng Diyos, ang mga hinihingi Niya sa iyo, at ang mga hinihingi Niyang pamantayan sa isang bagay? Kung pagbabatayan ang talino ng isang normal na tao, dapat maunawaan mo ang mga bagay na ito. Kung gayon ano ang mga sitwasyon kung saan hindi ito nauunawaan ng mga tao, kahit ano pa ang sabihin Ko? Ang pangunahing dahilan kung bakit ito nangyayari ay, una, may kaugnayan sa maingay na kapaligirang tinitirhan ng mga tao, na may napakaraming maliit at mabigat na bagay na pamamahalaan kaya hindi naeengganyo ang mga tao na maingat na magdasal-magbasa ng salita ng Diyos; hindi nila pinagsusumikapan ang katotohanan. Ito ang isang aspekto ng dahilan; ang kabilang banda ay na ang pagkauhaw at pagmamahal ng mga tao para sa katotohanan ay napakaliit, na kung sampu ang perpektong grado, ang magiging grado ng kasalukuyang lawak ng inyong pagmamahal sa katotohanan ay nasa tatlo o nasa lima, sa pinakamataas. Kaya, ang mas malaking bahagi ng dahilan kung bakit hindi nauunawaan ng mga tao ang katotohanan at hindi nila ito nakamit sa huli ay dahil hindi sila nagsusumikap, at dahil na rin hindi nila ito isinasapuso, at sa puso nila, hindi talaga nila gaanong minamahal ang katotohanan. Hindi sapat ang pagmamahal ng mga tao sa katotohanan sa antas nito. Ito ay maliit na interes lang; hindi ito umaabot sa pagmamahal. Dahil lamang nagdusa ang mga tao ng napakaraming dagok at paghihirap sa mundo kaya hindi na sila makapagpatuloy pang mabuhay, at dahil nakita na nila ang paggawa ng Diyos sa pagliligtas ng mga tao at pagbabahagi ng katotohanan bawat araw, at ang kasaganaan ng lahat ng Kanyang ibinibigay sa tao, kaya nararamdaman nilang ang Diyos ang mabuti, at ginugusto nilang basahin ang Kanyang mga salita at pagsikapan ang katotohanan. Iyan ang kaunting interes na mayroon sila. Ano ba ang mas binibigyan ng oras ng puso ng mga tao? Lahat sila ay nagagapos ng maraming hindi mahahalagang usapin, abala sa lahat ng uri ng

isyu ng mga emosyonal na relasyon, mga ugnayang interpersonal, katayuan at banidad, at mga kalakaran sa lipunan. Mayroon pa ngang mga tao na mas gumugugol ng kanilang oras at lakas sa pagkain, kasuotan, pananamit, at mga kasiyahan ng laman. Sinasayang nila ang tunay na napakahahalagang araw sa mga bagay na ito, at niluluwalhati nila ito: “Gumugugol ako para sa Diyos!” Sa huli, sa dulo, lumilingon sila at nakikita nila na ang Diyos ay napakarami nang sinabi at napakatagal nang gumawa, pero hindi pa nila nakamit ang katotohanan. Hindi ito dahil hindi ito ipinagkaloob ng Diyos sa kanila, kundi dahil hindi nila tinanggap ang katotohanan sa kanilang puso, o pinagsikapan ang katotohanan, kahit na nakita nilang napakaraming katotohanan ang ipinapahayag ng Diyos. Iyon ang nagdulot para hindi nila makamit ang katotohanan at ang buhay sa napakaraming taon ng pananampalataya nila sa Diyos, at para itiwag sila sa huli.

Enero 22, 2019

Ikaapat na Aytem: Itinataas at Pinatotohanan Nila ang Kanilang Sarili

Karagdagang Babasahin

Panghuhuli sa mga Daga

Kamakailan, narinig Ko ang tungkol sa isang bagong usapin. Makinig at pag-isipan kung paano ito nauugnay sa mga pag-uugali at disposisyon ng mga tao, kung tungkol saan ang kuwentong ito, at kung anong uri ng problema ang inilalarawan nito. Pagkatapos dumating sa Amerika ng ilang Tsino, maliban sa nakita nila na ang kapaligirang panlipunan at pangkalahatang kalakaran dito ay malaki ang pagkakaiba sa Tsina, mayroon ding isang bagay silang nakita na napakainteresante. Ito ay na sa bansang ito, hindi lang malaya ang mga tao, kundi lahat ng uri ng buhay na bagay at hayop ay napakamalaya rin, at walang sinumang nananakit sa mga ito. Ang kalayaang pantao ay siyempre isang produkto ng mga panlipunang sistema, kaya ano ang nagdadala ng kalayaan sa lahat ng uri ng buhay na bagay at hayop? Nauugnay ba ito sa mga panlipunang sistema? (Oo.) Nauugnay ito sa kung papaano pinoprotektahan at pinamamahalaan ng mga panlipunang sistema at mga polisiya ng gobyerno ang buong likas na kapaligiran. Dito, ang mga ligaw na hayop ay nasa kung saan-saan at makikita kahit saan. Halimbawa, ang isang tao ay makakakita ng mga ligaw na gansa na kumakain ng damo sa parang sa tabi ng kalsada, at may ilang parke, parang, at gubat kung saan makakakita ang isang tao ng ilang usa, oso, o lobo, pati na rin ng mga pabo, pheasant, at lahat ng uri ng ibon at iba pang mga ligaw na hayop. Anong unang impresyon ang mayroon ang mga tao kapag nakikita nila ang isang tanawing tulad nito? (Pakiramdam nila ay nakita na nila ang kalikasan.) At anong uri ng mga damdamin ang mayroon sila kapag nakikita nila ang kalikasan? Hindi ba nila sasabihing: “Tingnan mo itong bansa nila. Hindi lang malaya ang mga tao, kahit ang mga hayop dito ay malaya. Ang muling mabuhay bilang isang hayop sa lugar na ito ay mas mabuti kaysa sa mamuhay bilang isang tao sa Tsina, dahil kahit mga hayop ay malaya rito, at walang sinumang umaabuso sa mga ito”? Wala ba silang gayong mga damdamin? (Mayroon sila.) Para sa mga nanatili rito nang mahabang panahon, nagiging pangkaraniwan ang mga bagay na ito, at hindi kakatwa; iniisip nilang napakanormal ng mga bagay na ito. Ngunit para sa ilang tao, pagkatapos nilang maging pamilyar sa ganitong uri ng kapaligiran, ilang aktibong kaisipan ang nagsisimulang lumitaw sa kanila: “Napakamalaya ng mga hayop na ito, at walang sinumang nangangasiwa o nagbabantay sa mga ito, maaari ko bang hulihin at kainin ang mga ito? Mabuti sana kung makakain ko ang mga ito, ngunit hindi ko ito basta-bastang magagawa sakaling protektado ang mga ito ng batas. Kailangan ko itong tingnan.” Pagkatapos suriin ang impormasyon, nakikita nilang malinaw na sinasabi ng batas na pantay na pinoprotektahan ng pambansang batas ang mga ligaw na hayop, at na hindi maaaring hulihin at patayin ang mga ito ng mga tao nang ayon sa kagustuhan nila. Kung

nais ng mga taong mangaso ng mga hayop, dapat nila itong gawin sa loob ng isang ipinag-uutos ng estado na lugar ng pangangaso; kailangan din nila ng lisensiya, at maaaring kakailanganing magbayad para sa mga hayop na mahuhuli nila. Sa madaling salita, pinoprotektahan ng batas ang mga ligaw na hayop na ito at may malinaw itong mga probisyon tungkol sa mga ito. Hindi kayang maunawaan ng ilang tao ang batas ng proteksiyon ng ligaw na hayop, at nagninilay-nilay sila: “Nariyan itong lahat ng mga ligaw na pambihirang pagkain, subalit hindi tayo pinahihintulutan ng gobyerno na hulihin at kainin ang mga ito ayon sa gusto natin. Nakapanghihinayang! Sa Tsina, walang sinumang may pakialam dito: ‘Kung walang magsusumbong nito, hindi ito iimbestigahan ng mga awtoridad.’ Hangga’t walang sinumang nakakaalam nito, puwede kang humuli at kumain ng isang hayop. Ngunit hindi mo ito maaaring gawin sa isang demokratikong bansa. Dito ay may mga legal na regulasyon, at hindi ko maaaring basta gawin anuman ang nais ko sa lupain ng iba. Ngunit ang lahat ng ito ay mga ligaw na hayop na maaaring kainin; nakapanghihinayang na maaari lang nating tingnan at hindi kainin ang mga ito! Kailangan kong mag-isip ng solusyon. Papaano ko makakain ang mga ligaw na hayop na ito nang walang sinumang nakakapansin at nang hindi nilalabag ang batas?” Ang ilang tao ay nag-iisip ng pakana, at sinasabing: “Kung gagawa ako ng hawla at maglalagay ng ilang malasang pagkain sa loob nito para akitin ang mga hayop, hulihin ang ilang maliit na hayop tulad ng mga ligaw na kuneho, at pagkatapos ay humanap ng liblib na lugar para patayin at kainin ang mga ito, hindi ako lumalabag sa batas, hindi ba? Ang maliliit na hayop na iyon ay hindi protektado ng estado, at walang tiyak na probisyon ang batas sa mga ito. Kung gagawin ko ito, makakakain ako ng ligaw na hayop at masisiguro ring hindi ako lumalabag sa batas. Ito ay dalawang pakinabang sa isang kilos.” Pagkatapos nilang magkaroon ng ganitong ideya, bumuo sila ng hawla at nagsimulang mangaso. Bago lumipas ang dalawang araw, pumasok ang isang daga sa hawla, at dali-dali nilang pinatay at kinain ito, nararamdamang ito ay tunay na ligaw na hayop! Anong kongklusyon mayroon sila pagkatapos itong kainin? “Napakalasa ng mga ligaw na hayop. Mula ngayon ay mag-iisip ako ng mas maraming paraan para makakain ng iba pang mga uri ng ligaw na hayop. Hindi ako natatakot kainin ang mga ito hangga’t hindi ko nilalabag ang batas.” Dito nagtatapos ang kuwento.

May ilang tao na nagtatanong, “Totoong kuwento ba ito o gawa-gawa lang?” Sa ngayon, huwag mag-alala kung ito man ay totoo o gawa-gawa lang, at kung talagang nangyari ba ito o hindi. Basta isipin mo lang kung ano ang mali sa mga tao na gumagawa ng mga bagay na tulad nito, batay sa kuwentong ito. Ang paggawa ba ng ganitong uri ng bagay ay isang matinding pagkakamali? Ito ba ay itinuturing na isang paglabag sa batas? Ito ba ay itinuturing na pagsalungat sa moral na hustisya? (Oo.) Ito ba ay sumasalungat sa moral na hustisya, o sumasalungat sa pagkatao, o sumasalungat sa iba pa? Una, sabihin mo sa Akin: Ang ganito bang uri ng pag-uugali ay karapat-dapat sa papuri o sa pagtuligsa? Aling panig ang pipiliin ninyo? (Pagtuligsa.) Sumasalungat man ito sa moral na hustisya, sumasalungat sa batas, o sumasalungat sa pagkatao, sa

anumang sitwasyon, masama ang ganitong uri ng pag-uugali, at hindi ito pag-uugali ng mga tao na nagtataglay ng pagkatao. Kaya ano ba ito? Seryosong problema ba ang ganitong uri ng disposisyon o pag-uugali? Paano ninyo huhusgahan ang bagay na ito ayon sa sarili ninyong mga pamantayan? Sa pang-araw-araw na buhay at kasama ng lahat ng grupo ng tao, pangkaraniwan ba ang ganitong uri ng pag-uugali? (Oo.) Hindi ito isang napakatuso o napakasamang gawa, pero ito ay hindi nararapat, at hindi ito isang pagpapamalas na dapat taglayin ng mga tao na may normal na pagkatao. Anong eksaktong uri ng pagpapamalas ito? Sige at klasipikahin mo ito. Anong uri ng pag-uugali ito? Dapat ba itong itaguyod? (Hindi.) Hindi ito karapat-dapat sa pagtataguyod at hindi ito pinupuri ng mga tao, kaya dapat itong tuligsain at kamuhian. Pangkaraniwan ang ganitong uri ng pag-uugali, madalas itong lumilitaw sa lahat ng grupo ng mga tao at sa pang-araw-araw na buhay, madalas itong napagmamasdan, at may mga tao na madalas na ginagawa ang ganitong uri ng bagay. Kaya, kung gayon, hindi ba ito karapat-dapat na ibukod at talakayin, at sa gayon ay binibigyang-kakayahan ang bawat tao na magkaroon ng tumpak na pakahulugan sa bagay na ito, at mas mabuting ilayo ang sarili nila mula sa ganitong uri ng pag-uugali? Hindi ba't maganda iyon? (Oo.) Kung gayon, bigyang-kahulugan natin ito—anong uri ng pag-uugali ito? Mapagmataas ba ito? Mapagmatigas ba ito? Mapanlinlang ba ito? (Hindi.) Buktot ba ito? (Medyo.) Ito ay medyo malapit diyan. Sa mga salitang natutunan at naunawaan ninyo, mayroon bang anumang makakapagbigay-kahulugan sa ganitong uri ng pag-uugali? (Mababang-uri.) Mababang-uri, ito nga ay may kaunti ng ganitong kalidad. Naglalaman ang salitang ito ng ganitong uri ng pag-uugali at diwa, pero hindi ito ibinubuod nang husto at lubos ng salitang ito. Hindi maituturing na mapaminsala ang pag-uugaling ito, dahil kung ang pagpatay sa isang daga ay mapaminsala, kung gayon ay magiging isang negatibong bagay ang pagpuksa sa mga daga. Isang positibong bagay ang pagpuksa sa mga daga; nakapipinsala sa mga tao ang mga daga, kaya tamang puksain ang mga ito. Pero wala bang pagkakaiba sa pagpuksa sa mga ito at sa pagkain sa mga ito? (Mayroon.) Kung gayon, paano maibubuod ang pag-uugaling ito? Aling mga salita ang maiisip ninyong nauugnay sa ganitong uri ng pag-uugali? (Nakakapandiri.) (Hamak na katangian.) Hamak na katangian, mababang-uri, at nakakapandiri. Sa pang-araw-araw na buhay, anong salita ang ginagamit para ibuod ang abang pag-uugali at hindi pag-aasikaso sa marapat na gawain? (Salaula.) Ang salitang “salaula” ay sakto at masinsinang nagbubuod sa ganitong uri ng pag-uugali. Bakit ito binibigyang-kahulugan bilang “salaula”? Kung sinasabing ito ay mababang-uri, makasarili, o nakakapandiri, isa lamang iyang uri ng pagpapamalas na ibinunyag ng mga salaulang tao. Naglalaman ng maraming kahulugan ang “salaula”—ang pagiging mababang-uri, masama, nakakapandiri, makasarili, imoral, hindi maganda ang asal, hindi pagiging lantad o tapat sa mga kilos ng isang tao, at sa halip ay pagkilos sa isang palihim na paraan, at paggawa lang ng mga hindi wastong bagay. Ang mga ito ang iba't ibang pag-uugali at pagpapamalas ng mga salaulang tao. Halimbawa, kung gusto ng isang normal na tao na gumawa ng isang bagay, hangga't

wasto ito, ginagawa niya ito sa isang lantad na paraan, at kung nilalabag nito ang batas, susuko siya at hindi na gagawin ito. Hindi ganoon ang mga salaulang tao; isasakatuparan nila ang kanilang mga layon kahit sa anumang paraan at may mga diskarte sila para kontrahin ang mga limitasyon ng batas. Pinapaikutan nila ang batas at naghahanap ng mga paraan para maisakatuparan ang kanilang mga layon, nang hindi isinasaalang-alang kung ang paggawa nito ay nakaayon ba sa mga etika, moralidad, o pagkatao, at nang walang pakialam sa mga kahihinatnan. Wala silang pakialam sa anumang mga bagay na ito, at hinahangad lang nilang maisakatuparan ang mga layon nila kahit sa anumang paraang posible. Ito ay ang pagiging “salaula.” Mayroon bang anumang integridad o dignidad ang mga salaulang tao? (Wala.) Sila ba ay mga taong marangal o hamak? (Hamak.) Sa paanong paraan sila hamak? (Walang moral na batayang pamantayan ang kanilang sariling asal.) Tama iyon, ang ganitong uri ng tao ay walang batayang pamantayan o mga prinsipyo sa kanyang sariling asal; hindi niya isinasaalang-alang ang mga kahihinatnan, at bastang ginagawa ang anumang gusto niya. Wala siyang pakialam sa batas, sa moralidad, sa kung matatanggap ba ng konsensiya niya ang kanyang mga kilos, o kung tutuligsain, huhusgahan, o kokondenahin ba siya ng sinuman. Nagsasawalang-bahala siya sa lahat ng mga ito, at walang pakialam hangga’t nagkakamit siya ng mga benepisyong at nasisiyahan siya. Masama ang paraan niya ng paggawa ng mga bagay-bagay, kasuklam-suklam ang pag-iisip niya, at pareho itong kahiya-hiya. Ito ang ibig sabihin ng pagiging salaula. Mapapalitan ba ang salitang “salaula” ng mga pagpapamalas ng ilang disposisyong napag-usapan natin dati? Hindi talaga iyan uubra. Sadyang natatangi ang salitang “salaula,” kaya ang mga salaulang tao ba ay isang natatanging uri ng mga tao? Hindi. Mayroon ba kayong anumang pagkasalaula sa inyo? (Oo.) Ano ang mga partikular na pagpapamalas nito? (Minsan pagkatapos hugasan ng mga tao ang kanilang mukha, nag-iiwan sila ng tubig sa buong lababo at hindi ito pinupunasan. At kapag natapos nang kumain ang mga tao, hindi nila nililinis ang mga butil ng kanin at sabaw ng gulay sa mesa. Kapag narumihan na ang kanilang mga damit, inihahagis lang nila ang mga ito sa isang tabi nang hindi tinitiklop ang mga ito. Sa tingin ko ay pagpapamalas din ang mga ito ng pagiging salaula.) Ang totoo, ang lahat ng mga bagay na ito ay maliliit na detalye ng pang-araw-araw na buhay, at ang pagiging hindi malinis ay hindi tunay na pagiging salaula; may kinalaman ito sa pagsasabuhay ng isang tao sa pagkatao. Kung hindi ginagawa ng isang tao ang mga bagay na kapaki-pakinabang sa iba kapag nasa isang grupo, at kung ang isang tao ay hindi pinalaki nang maayos o nang may magandang pag-uugali, at nagiging sanhi ng pagkainis at pagkapoot ng iba, at hindi niya alam sumunod sa mga patakaran o sistema ng anumang lugar na pinupuntahan niya, at wala ng ganitong kamalayan, kung gayon, hindi ba may kulang sa pagkatao niya? (Oo.) Ano ang kulang? Ito ay pagkukulang sa katwiran. Hindi ba’t walang dignidad ang mga taong tulad nito? (Oo.) Wala silang dignidad, walang integridad, at hindi pinalaki nang maayos. May kinalaman ito sa batayang pamantayan ng sariling asal, at sa pagsasabuhay ng normal na pagkatao. Kung hindi

man lang matugunan ng isang tao ang mga pamantayang ito, kung gayon, paano niya posibleng maisasagawa ang katotohanan? Papaano niya posibleng maluluwalhati ang Diyos? Paano siya posibleng makakikilos nang ayon sa mga katotohanang prinsipyo? Masyado siyang malayo sa paggawa ng anuman sa mga bagay na ito. Walang konsensiya o katwiran ang ganitong uri ng tao—madali ba siyang pamahalaan? Madali ba para sa kanya na magbago? Ito ay ganap na hindi madali. Kung gayon, paano siya magbabago? Nakasalalay ito sa lahat ng nangangasiwa, pumipigil, at nag-uudyok sa kanya. Sa mga seryosong kaso, dapat manindigan ang lahat para punahin siya. Ano ang layon ng pamumunang ito? Ito ay para alalayan siya, para tulungan siyang umasal nang wasto, at para pigilan siyang gumawa ng mga bagay na kahiya-hiya at hindi kanais-nais. Kaya, ano ba mismo ang tinutukoy ng pagiging salaula? Ano ang mga pangunahing sintomas at pagpapamalas nito? Tingnan kung ang Aking buod ay tumpak o hindi. Ano ang katumbas ng mga salaulang tao? Katumbas nila ang mga mailap, hindi pinalaki nang maayos, mga ligaw na hayop, at ang mga pangunahing pagpapamalas nito ay kayabangan, kagaspangan ng pag-uugali, kawalan ng pagpipigil, pagkilos ng walang habas, hindi pagtanggap sa katotohanan kahit katiting, pati na rin pagsasagawa ng anumang naisin, hindi pakikinig kahit kaninuman, o pagpayag sa sinuman na pamahalaan sila, nangangahas na sumalungat sa sinuman, at walang pagsasaalang-alang sa sinuman. Sabihin mo sa Akin, malubha ba ang iba't ibang pagpapamalas ng pagiging salaula? (Oo.) Kahit papaano, masyadong malubha ang disposisyong ito ng kayabangan, ng kawalan ng katwiran, at ng pagkilos ng walang habas. Kahit na ang isang tao na tulad nito ay para bang hindi ginagawa ang mga bagay na humuhusga o lumalaban sa Diyos, dahil sa kanyang mapagmataas na disposisyon, napakalaki ng posibilidad na gagawa siya ng kasamaan at lalabanan niya ang Diyos. Ang lahat ng mga kilos niya ay mga pagbubunyag ng kanyang tiwaling disposisyon. Kapag ang isang tao ay naging salaula hanggang sa isang tiyak na punto, nagiging isang mandarambong at diyablo siya, at hindi kailanman tatanggapin ng mga mandarambong at diyablo ang katotohanan—puwede lang silang lipulin.

May saysay bang pag-usapan ang kuwentong ito? (Oo.) Bagaman ang kuwentong ito ay hindi sumasagi sa kalikasang diwa o disposisyon ng tao, tumutukoy ito sa pag-uugali ng tao, na hindi masyadong naiiba o walang kaugnayan sa diwa ng tao. Ano ang dapat itawag sa kuwentong ito? Bigyan natin ito ng pangalang may alegorikong kalidad, at huwag itong gawing sobrang prangka. (Panghuhuli sa mga Daga.) Medyo maganda ang “Panghuhuli sa mga Daga.” May isang tao na nakahuli ng daga sa isang “ganap na lehitimong” paraan at sinabing: “Ano ang magagawa ko? Tumakbo ito rito at naawa ako rito. Isa pa, nasaktan ito. Kung tatakbo ito palabas, mamamatay ito, at pagkatapos ay kakainin lang din naman ito ng ibang hayop, kaya bakit hindi ko na lang ito kainin? Hindi ba iyon magiging ganap na lehitimo?” Para makain ang dagang iyon, kinatha niya ang lahat ng palusot na iyon at ginawa ang lahat ng dahilang iyon, at pagkatapos ay kinain ito nang may malinis na konsensiya. Ito ay pagiging salaula. Hindi naman sa hindi

maaaring kumain ng karne ang mga tao sa Amerika, kaya hindi sulit na pagdaanan ang lahat ng gulong iyon at ibigay ang lahat ng pagsisikap na iyon para gawin ang gayong bagay. Ito ay ang uri ng bagay na ginagawa ng mga salaulang tao. Ginagawa ba ng mga normal na tao ang ganitong uri ng bagay? Ginagawa ba ng mga tao na may pagkatao at integridad ang ganitong uri ng bagay? (Hindi.) Bakit hindi nila ginagawa ito? May kaugnayan ito sa integridad. Iyong mga likas na hindi na magbabagong magnanakaw ay palaging nagnanakaw at nangungupit, at gumagawa ng mga kahiya-hiyang bagay. May bagay ba na kapos sila sa tahanan? Maaaring wala. Yamang salaula sila, kailangan nilang magnakaw, umaasa sa pagnanakaw para matugunan ang kanilang sariling mga kagustuhan at ang kanilang walang-kasiyahang sakim na disposisyon. Nagdadala ng ginhawa sa kanilang mga puso ang paggawa ng mga bagay na ito. Kung hindi nila gagawin ang ganitong uri ng bagay, sasama ang loob nila. Ito ay pagiging salaula. Ngayon, tatapusin Ko na ang kuwentong ito at dadako na sa pangunahing paksa.

Bago Ko talakayin ang pangunahing paksa, una, magnilay-nilay tayo tungkol sa nilalaman ng ating huling pagbabahaginan. Ang mga tungkuling ginagampanan ng hinirang na mga tao ng Diyos ay maaaring hatiin sa anim na pangunahing kategorya. Natapos na nating talakayin ang unang kategorya, na mga taong gumagampan sa tungkulin ng pangangaral ng ebanghelyo. Ang ikalawang kategorya ay ang mga gumagampan sa tungkulin ng mga lider at manggagawa sa iglesia sa iba't ibang antas. Sa diwa, ang mga miyembro ng kategoryang ito ay maaaring hatiin sa dalawang pangunahing uri, at noong nakaraan ay pinag-usapan natin ang tungkol sa isa sa mga uring ito, ang mga anticristo. Kung paano gumagawa ang mga anticristo, kung aling pagpapamalas ang mayroon sila at kung aling mga bagay na ginagawa nila na makapaglalarawan sa kanila bilang mga anticristo—iklinasipika natin ang mga pagpapamalas at disposisyong ito ng mga anticristo. Aling mga partikular na aytem ang naroon? (Unang aytem: Sinusubukan nilang kunin ang loob ng mga tao; ikalawang aytem: Binabatikos at inihihawalay nila ang mga hindi sumasang-ayon; ikatlong aytem: Inihihawalay at binabatikos nila ang mga naghahangad sa katotohanan; ikaapat na aytem: Itinataas at pinatotohanan nila ang kanilang sarili;ikalimang aytem: Nililihis, inaakit, pinagbabantaan, at kinokontrol nila ang mga tao.) Noong nakaraan, limang aytem ang ibinuod, at itinala ninyo ang lahat ng ito. Ngayon ay itala ang mga susunod. Ikaanim na aytem: Kumikilos sila sa mga tusong paraan, arbitraryo at diktatoryal sila, hindi sila kailanman nakikipagbahaginan sa iba, at pinipilit nila ang iba na sundin sila; ikapitong aytem: Sila ay buktot, lihim na mapanira, at mapanlinlang; ikawalong aytem: Hinihimok nila ang iba na sa kanila lang magpasakop, hindi sa katotohanan o sa Diyos; ikasiyam na aytem: Ginagawa nila ang kanilang tungkulin para lang maging tanyag sila at maisakatuparan ang kanilang sariling mga interes at ambisyon; hindi nila kailanman isinasaalang-alang ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, at ipinagkakanulo pa nga ang mga interes na iyon, ipinagpapalit ang mga iyon para sa kanilang personal na kaluwalhatian; ikasampung aytem: Hinahamak nila

ang katotohanan, lantarang nilalabag ang mga prinsipyo, at binabalewala ang mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos; ikalabing-isang aytem: Hindi nila tinatanggap ang pagpupungos, ni wala silang saloobin ng pagsisisi kapag nakakagawa sila ng anumang pagkakamali, kundi sa halip ay nagkakalat sila ng mga kuru-kuro at hayagan nilang hinuhusgahan ang Diyos; ikalabindalawang aytem: Gusto nilang umatras kapag wala silang katayuan o pag-asang magkamit ng mga pagpapala; ikalabintatlong aytem: Kinokontrol nila ang mga pananalapi ng iglesia at kinokontrol din nila ang puso ng mga tao; ikalabing-apat na aytem: Tinatrato nila ang sambahayan ng Diyos na parang sarili nilang personal na teritoryo; ikalabinlimang aytem: Hindi sila naniniwala na mayroong Diyos, at itinatangi nila ang diwa ni Cristo. May 15 aytem sa kabuuan, at hinihimay at isinisiwalat ng lahat ng ito ang iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo. Mahalagang ibinubuod ng 15 aytem na ito ang magkakaibang uri ng pag-uugali, pagpapamalas, at disposisyon na mayroon ang mga anticristo. Ang ilan sa mga ito ay tila mga pag-uugali sa panlabas, ngunit sa likod ng mga pag-uugaling ito ay ang mga pinagbabatayang disposisyong diwa ng mga anticristo. Pagdating sa literal na kahulugan ng mga ito, hindi ba madaling maunawaan ang 15 aytem na ito? Ang lahat ng mga ito ay ipinahayag sa payak na wika, at sa isang banda, madaling maunawaan ang mga ito, habang sa karagdagan, kung ano ang ibinubuod ng bawat isa sa mga ito ay nauugnay sa mga pagpapamalas, pagbubunyag, at diwa ng tao. Isang uri ng disposisyon ang bawat aytem; hindi ito isang pansamantalang pag-uugali o kaisipan. Ano ang isang disposisyon? Paano maipapaliwanag ng isang tao kung ano ang isang disposisyon? Ang isang disposisyon ay kapag, saanman pumupunta ang isang tao, ang kanyang mga kaisipan, ideya, prinsipyo para sa paggawa ng mga bagay, kaparaanan ng operasyon, at ang layong hinahangad niya ay hindi nagbabago kasama ng mga pagbabago sa oras at pangheograpiyang lokasyon. Kung maglalahi ang paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay ng isang tao sa sandaling magbago ang kapaligiran niya, hindi ito ang pagbubunyag ng isang tiwaling disposisyon, bagkus ay isang pansamantalang pag-uugali. Ano ang tinutukoy ng isang tunay na disposisyon? (Mapangingibabawan nito ang isang tao sa anumang oras at sa anumang lugar.) Tama iyan, mapangingibabawan nito ang mga salita at kilos ng isang tao anumang oras at lugar, nang walang mga kondisyonal na pagpipigil o impluwensiya; iyan ang isang diwa. Ang diwa ay ang bagay na inaasahan ng isang tao para mabuhay; hindi ito magbabago batay sa mga pagbabago sa oras, lokasyon, o iba pang mga panlabas na kadahilanan. Ito ay ang diwa ng isang tao. Sinasabi ng ilang tao: “Mayroon ako ng humigit-kumulang lahat nitong 15 pagpapamalas ng mga anticristo na ibinuod Mo, ngunit hindi ko hinahangad ang katayuan at hindi ako ipinanganak na may anumang ambisyon. Saka, wala akong pinapasan na anumang responsabilidad sa ngayon. Hindi ako isang lider o isang manggagawa, at hindi ko gustong maging sentro ng atensiyon, kaya hindi ba walang kaugnayan sa akin ang kalikasang diwa ng mga anticristo? Kung walang kaugnayan ito, kung gayon, hindi ba’t totoong hindi ko kailangang makinig sa mga pagbabahaginang ito o ihambing ang sarili ko sa mga ito?” Ganito ba ang lagay

ng mga bagay? (Hindi.) Kung gayon, paano dapat harapin ng isang tao ang mga pagpapamalas na ito ng mga anticristo? Paano dapat harapin ng isang tao ang mga katotohanang pinagbahaginan tungkol sa mga pagpapamalas na ito? Dapat maunawaan ng isang tao ang katotohanan at makilala ang sarili niya sa loob ng mga pagbabahaginanang ito, pagkatapos ay hanapin ang tamang landas, at makapagtaglay ng mga prinsipyo sa paggampan ng kanyang tungkulin at sa kanyang paglilingkod sa Diyos. Sa paraang ito lang siya makalalayo mula sa landas ng mga anticristo at makapagsisimula sa landas ng pagiging perpekto. Kung maiuugnay ninyo ang mga pagpapamalas na ito ng mga anticristo sa sarili ninyo, kung gayon magiging babala ito, isang paalala, isang paglalantad, at isang paghahatol para sa inyo. Kung hindi ninyo maiuugnay ang mga ito sa sarili ninyo, ngunit nadarama ninyong mayroon din kayong mga magkatulad na kalagayan, kung gayon ay dapat ninyong subukang pagnilayan at kilalanin nang higit pa ang sarili ninyo, at hanapin ang katotohanan para lutasin ang mga kalagayang iyon. Sa ganitong paraan, unti-untir ninyong maiwawaksi ang inyong mga tiwaling disposisyon at maiiwasang tumahak sa landas ng mga anticristo.

Isang Paghihimay Kung Paano Itinataas at Pinatototohanan ng mga Anticristo ang Kanilang Sarili

Ang pagbabahaginan ngayon ay tungkol sa ikaapat na aytem ng iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo: itinataas at pinatototohanan ang kanilang sarili. Itinataas at pinatototohanan ang kanilang sarili, ibinibida ang mga sarili nila, sinisikap na pataasin ang tingin sa kanila at sambahin sila ng mga tao—may kapabilidad sa mga bagay na ito ang tiwaling sangkatauhan. Ganito ang likas na reaksiyon ng mga tao kapag pinamamahalaan sila ng mga satanikong kalikasan nila, at karaniwan ito sa lahat ng tiwaling sangkatauhan. Paano karaniwang itinataas at pinatototohanan ng mga tao ang kanilang sarili? Paano nila natatamo ang pakay na gawing mataas ang tingin sa kanila at sambahin sila ng mga tao? Nagpapatotoo sila sa kung gaano karaming gawain ang nagawa nila, kung gaano sila nagdusa, kung gaano nila ginugol ang sarili nila, at kung gaano kalaking halaga ang binayaran nila. Itinataas nila ang kanilang sarili sa pamamagitan ng pagsasalita tungkol sa kanilang kapital, para magtamo ng mas mataas, mas matatag, mas tiyak na lugar sa puso ng mga tao, at sa gayon ay makakuha ng mas maraming tao na magpapahalaga, tataas ang tingin, maiinggit, at gayundin ang sasamba, titingala, at susunod sa kanila. Upang matamo ang pakay na ito, maraming bagay na ginagawa ang mga tao na nagpapatotoo sa Diyos sa panlabas, pero sa totoo lang ay nagtataas at nagpapatotoo sa kanilang sarili. Mayroon ba silang katwiran sa pagkilos nang ganoon? Lampas sila sa saklaw ng pagkamakatwiran at wala silang kahihiyan. Walang kahihiyan silang nagpapatotoo sa nagawa nila para sa Diyos at kung gaano sila nagdusa para sa Kanya. Ibinibida pa nga nila ang kanilang mga kaloob, mga talento, karanasan, mga natatanging kasanayan, matatalinong diskarte sa mga makamundong pakikitungo, ang mga paraang ginagamit nila upang paglaruan ang mga tao, at iba pa. Ang isa kanilang

mga kaparaanan para sa pagtataas at pagpapatotoo sa kanilang sarili ay ang ipangalandakan ang sarili nila at maliitin ang iba. Nagbabalatkayo sila at pinapaganda nila ang sarili nilang imahe, ikinukubli ang mga kahinaan, mga kakulangan, at mga kapintasan nila sa mga tao, at ipinapakita lang sa mga tao ang kanilang kagalingan. Hindi man lang sila nangangahas na magsabi sa ibang tao kapag nakararamdam sila ng pagkanegatibo, at kapag salat sila sa tapang na magtapat at makipagbahaginan sa mga ito. Kapag may ginawa silang anumang mali, ginagawa nila ang lahat-lahat upang ikubli at pagtakpan ito. Hindi nila kailanman binabanggit ang pinsalang naidulot nila sa gawain ng iglesia sa takbo ng paggawa ng tungkulin nila. Kapag may nagawa silang maliit na ambag o natamong ilang maliit na tagumpay, gayunman, mabilis sila sa pagpapakitang-gilas nito. Desperado silang ipaalam sa buong daigdig kung gaano kahusay ang kapabilidad nila, kung gaano kataas ang kakayahan nila, kung gaano sila katangi-tangi, at kung gaano sila mas magaling kaysa sa mga normal na tao. Hindi ba't ang mga ito ay mga paraan ng pagtataas at pagpapatotoo sa kanilang sarili? Ang pagtataas at pagpapatotoo ba sa sarili ay isang bagay na ginagawa ng isang taong may konsensiya at katwiran? Hindi. Kaya kapag ginagawa ito ng mga tao, anong disposisyon ang karaniwang nabubunyag? Kayabangan. Ito ang isa sa mga pangunahing disposisyon na nabubunyag, na sinusundan ng panlilinlang, na kinasasangkutan ng paggawa ng lahat ng maaari upang gawing mataas ang pagpapahalaga sa kanila ng ibang mga tao. Ang kanilang mga salita ay hindi mabubutasan at malinaw na naglalaman ng mga motibasyon at pakana, nagpapakitang-gilas sila, gayumpaman ay nais nilang itago ang katunayang ito. Ang kalalabasan ng kung ano ang sinasabi nila ay na pinararamdam sa mga tao na mas mahusay sila kaysa sa iba, na wala silang sinumang kapantay, na ang lahat ng iba ay nakabababa sa kanila. At ang kalalabasang ito ay hindi ba natatamo sa pamamagitan ng mga pakubling paraan? Anong disposisyon ang nasa likod ng gayong mga paraan? At mayroon bang anumang mga sangkap ng kabuktutan? (Mayroon.) Isa itong uri ng buktot na disposisyon. Makikita na ang mga kaparaanang ginagamit nila ay udyok ng isang mapanlinlang na disposisyon—kaya bakit Ko sinasabi na buktot ito? Ano ang koneksyon nito sa kabuktutan? Ano sa palagay ninyo: Kaya ba nilang maging bukas tungkol sa kanilang mga pakay na itaas at patotohanan ang kanilang sarili? Hindi nila kaya. Ngunit laging may pagnanais sa kaibuturan ng kanilang puso, at ang sinasabi at ginagawa nila ay para makatulong sa pagnanais na iyon, at ang mga pakay at motibo ng sinasabi at ginagawa nila ay lubos nilang inililihim. Halimbawa, gagamit sila ng panlililihim o ilang patagong kahina-hinalang taktika para makamitan ang mga pakay na ito. Hindi ba't likas na tuso ang gayong paglililihim? At hindi ba't matatawag na buktot ang gayong pagkatuso? (Oo.) Maaari nga itong tawaging buktot, at mas malalim iyon kaysa panlilinlang. Gumagamit sila ng partikular na pamamaraan para makamit ang kanilang mga layon. Ang disposisyong ito ay panlilinlang. Gayunman, ang ambisyon at pagnanais sa kaibuturan ng kanilang puso na palaging gustong pasunurin, patingalain, at pasambahin ang mga tao sa kanila ang kadalasang nagtutulak sa kanila para itaas at patotohanan ang kanilang sarili, at

ginagawa nila ang mga bagay na ito nang walang prinsipyo at walang kahihiyan. Ano ang disposisyong ito? Umaangat ito sa antas ng kabuktutan. Ang kabuktutan ay higit pa sa ordinaryong makitid na pag-iisip o pagiging mapanlinlang at mapagsinungaling. Kung makaaangat ang isang tao mula sa ordinaryong katiwalian papunta sa antas ng kabuktutan, hindi ba't nangangahulugan itong mas malalim ang kanyang pagiging tiwali? (Oo.) Kung gayon, ilarawan ang antas ng kabuktutan—ano ang angkop na paraan para ilarawan ito? Bakit umaangat ang isang tao mula sa ordinaryong katiwalian papuntang kabuktutan? Nakikita ba ninyo nang malinaw ang usaping ito? Ano ang pagkakaiba ng panlilinlang at kabuktutan? Pagdating sa kung paano naipapamalas ang mga ito, ang kabuktutan at panlilinlang ay malapit na nauugnay, ngunit mas malubha ang kabuktutan—ito ay panlilinlang na nasa pinakasukdulan. Kung ang isang tao ay sinasabing may buktot na disposisyon, hindi ordinaryo ang pagiging mapanlinlang ng tao na ito, sapagkat ang ordinaryong panlilinlang ay puwedeng nangangahulugang siya ay may ugaling sinungaling o hindi masyadong matapat sa mga kilos niya, samantalang ang kabuktutan ay mas malubha at nasa mas malalim na antas kaysa sa panlilinlang. Ang panlilinlang ng isang tao na may buktot na disposisyon ay mas malaki at mas malubha kaysa sa isang pangkaraniwang tao, at ang kanyang mga paraan at diskarte sa paggawa ng mga bagay-bagay, at ang mga pakana sa likod ng kanyang mga kilos, ay pawang mas tuso at malihim, at hindi maaarok ang mga ito ng karamihan sa mga tao. Ito ang kung ano ang kabuktutan.

Paano naiiba ang isang anticristo na itinataas at pinatotohanan ang kanyang sarili kaysa sa pangkaraniwang tao na ganoon din ang ginagawa? Ang pangkaraniwang tao ay madalas na nagyayabang at nagpapasikat para maging mataas ang tingin sa kanya ng mga tao, at magkakaroon din siya ng mga pagpapamalas ng mga disposisyon at kalagayang ito, kaya paano naiiba ang isang anticristo na itinataas at pinatotohanan ang kanyang sarili kaysa sa mga karaniwang tao na ganoon din ang ginagawa? Saan naroroon ang pagkakaiba? Dapat malinaw ito sa iyo—huwag mong pagsama-samahin ang lahat ng pagpapamalas ng paminsan-minsang pagtataas o pagyayabang ng sarili sa ilalim ng kategorya ng mga anticristo. Hindi ba't ito ay isang pagkakamaling konseptuwal? (Oo.) Kung gayon, paano malinaw na mapagkakaiba ang usaping ito? Saan naroroon ang pagkakaiba? Kung maisasaad mo ito nang malinaw, lubusan mong mauunawaan kung ano ang diwa ng isang anticristo. Subukan mo ito. (Mas patago ang paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay ng isang anticristo; gumagamit siya ng ilang paraang tila napakawasto para ilihis ang mga tao. Tila ba nangungusap siya tungkol sa isang wastong usapin, ngunit bago mo pa mamalayan, nagsisimula na siyang itaas at patotohanan ang kanyang sarili, nang hindi ito nahahalata ng sinuman. Medyo patago ang mga pamamaraan niya.) Ang medyo patagong pamamaraan—ito ay sa kanyang paraan ng pagtataas at pagpapatotoo sa kanyang sarili na nakikita ang pagkakaiba. May iba pa ba? Sabihin mo sa Akin, ano ang pagkakaiba sa kalikasan ng sadyang pagtataas at pagpapatotoo sa sarili at ng walang-kamalayang paggawa nito? (Magkaiba ang

mga intensyon.) Hindi ba't dito makikita ang pagkakaiba? (Oo.) Kapag ang isang pangkaraniwang tao na may mga tiwaling disposisyon ay itinataas at ipinagmamalaki ang kanyang sarili, ito ay para magpasikat lang. Matapos niyang magpasikat, iyon na iyon, at wala na siyang pakialam kung mataas man o mababa ang tingin ng ibang tao sa kanya. Hindi masyadong malinaw ang kanyang intensyon, isa lang iyong pamamayani sa kanya ng disposisyon, isang pagbubunyag ng disposisyon. Iyon lang iyon. Madali bang baguhin ang ganitong uri ng disposisyon? Kung hinahangad ng taong ito ang katotohanan, magagawa niyang unti-unting magbago kapag nararanasan niyang pinupungusan, hinahatulan, at kinakastigo siya. Unti-unting madaragdagan ang kanyang pagkaramdam ng kahihyan at pagkamakatwiran, at paunti nang paunti niyang ipapakita ang ganitong uri ng pag-uugali. Kokondenahin niya ang ganitong uri ng pag-uugali, at magpipigil siya at rerendahan niya ang kanyang sarili. Ito ay walang-kamalayang pagtataas at pagpapatotoo sa sarili. Bagaman ang mga disposisyong nakapaloob sa sadyang pagtataas at pagpapatotoo sa sarili at ang walang-kamalayang pagsasagawa nito ay magkapareho, ang kalikasan ng dalawa ay magkaiba. Paano nagkaiba ng kalikasan ang mga ito? Ginagawa nang may intensyon ang sadyang pagtataas at pagpapatotoo sa sarili. Hindi nagsasalita nang kaswal ang mga taong gumagawa nito—sa bawat pagkakataong itinataas at pinatotohanan nila ang kanilang sarili, nagkikimkim sila ng ilang partikular na intensyon at mga natatagong pakay, at ginagawa nila ang ganitong uri ng bagay nang may mga satanikong ambisyon at pagnanais. Sa panlabas, tila kaparehong uri ito ng pagpapamalas. Sa parehong mga kaso, ang mga tao ay nagtataas at nagpapatotoo sa kanilang sarili, ngunit paano binibigyang-kahulugan ng Diyos ang walang-kamalayang pagtataas at pagpapatotoo sa sarili? Bilang pagbubunyag ng isang tiwaling disposisyon. At paano naman binibigyang-kahulugan ng Diyos ang sadyang pagtataas at pagpapatotoo sa sarili? Bilang isang tao na nagnanais na mailihis ang mga tao, nang may intensyong gawing mataas ang tingin sa kanya, sambahin, tingalain, at sundin siya ng mga tao. Likas na mapanlihis ang kanyang kilos. Kaya, sa sandaling magkaroon siya ng intensyong ilihis ang mga tao, at angkinin ang mga tao para sumunod at sumamba sila sa kanya, gagamit siya ng ilang mga paraan at diskarte kapag nagsasalita at kumikilos siya na madaling maglilihis at manlilinlang sa mga hindi nakakaunawa sa katotohanan at walang malalim na pundasyon. Hindi lang walang pagkilatis ang ganitong mga tao, bagkus, iniisip nilang tama ang sinasabi ng taong ito, at maaaring tingalain at pataasin nila ang tingin sa kanya, at sa paglipas ng panahon ay sasambahin at susundan pa nga siya ng mga ito. Ang isang pinakakaraniwang penomeno sa pang-araw-araw na buhay ay ang tila nauunawaan nang mabuti ng isang tao ang isang sermon matapos niyang marinig ito, ngunit sa kalaunan, kapag may nangyari sa kanya, hindi niya alam kung paano lulutasin ito. Pumupunta siya sa harap ng Diyos para maghanap, ngunit hindi ito nagbubunga, at sa huli, kinakailangan niyang pumunta sa kanyang lider para magtanong tungkol sa usaping ito at humingi rito ng solusyon. Sa tuwing may mangyayari sa kanya, nais niyang hilingin sa kanyang lider na lutasin ito. Ito ay tulad ng kung paanong ang paninigarilyo

ng opyo ay nagiging isang adiksiyon at isang pattern para sa ilang tao, at sa takdang panahon, hindi na nila magagawang magpatuloy pa nang hindi humihithit nito. Kaya, ang mga anticristo na itinataas at pinatotohanan ang kanilang sarili ay di-halatang nagiging isang uri ng ipinagbabawal na gamot para sa mga mababa ang tayog, hindi kumikilatis, hangal, at mangmang. Sa tuwing may anumang nangyayari sa kanila, pumupunta sila sa anticristo para magtanong tungkol dito, at kung hindi maglalabas ng utos ang anticristo, hindi sila mangangahas magsagawa ng anuman, kahit pa tapos na itong pag-usapan ng lahat at may napagkasunduan na sa usapin. Takot silang sumalungat sa kalooban ng anticristo at na masupil, kaya sa bawat usapin, mangangahas lang silang kumilos pagkatapos magsalita ng anticristo. Kahit na malinaw nilang naunawaan ang mga katotohanang prinsipyo, hindi sila nangangahas na gumawa ng desisyon o pangasiwaan ang usapin, bagkus ay naghihintay sila sa “among” tinitingala nila para sa huling hatol at desisyon. Kung walang sasabihin ang kanilang amo, ang sinumang nangangasiwa sa usapin ay mag-aalangan sa kung ano ba ang dapat nilang gawin. Hindi ba’t nalason na ang mga taong ito? (Oo.) Ito ang ibig sabihin ng nalason na. Sa lalim ng pagkakalason sa kanila, gaano karaming gawain ang kailangang gawin ng anticristo, at gaano karaming lason ang kailangang maibigay ng anticristo sa kanila? Kung madalas na hinihimay at kinikilala ng anticristo ang kanyang sarili, at madalas niyang inilalantad ang kanyang mga kahinaan, pagkakamali, at pagsalangsang para makita ng mga tao, sasambahin pa rin ba siya ng lahat nang tulad nito? Hinding-hindi. Lumalabas na matinding pinagsisikapan ng anticristo ang pagtataas at pagpapatotoo sa kanyang sarili, kaya naman nakamit niya ang gayong “tagumpay.” Ito ang resultang nais niya. Kung wala siya, walang sinumang makakaalam kung paano gagawin nang wasto ang kanilang mga tungkulin, at ang lahat ay hindi malalaman ang kanilang gagawin. Maliwanag na, habang kinokontrol ng anticristo ang mga taong ito, palihim niya silang binibigyan ng maraming lason at labis siyang nagsisikap! Kung kaunting salita lang ang sinabi niya, malilimitahan pa rin kaya niya nang ganito ang mga taong ito? Hinding-hindi. Kapag nagawang isakatuparan ng anticristo ang kanyang layong sambahin, at tingalain at pakinggan siya ng mga tao sa bawat usapin, hindi ba’t gumawa na siya ng maraming bagay at nangusap na siya ng maraming salita na nagtataas at pinatotohanan ang kanyang sarili? Ano ang kalalabasan ng paggawa nito? Ito ay na mawawalan ng landas ang mga tao at hindi nila magagawang mamuhay pa nang wala siya—na para bang malalaglag ang langit at titigil na sa pag-ikot ang mundo kung wala siya, at mawawalan ng halaga o saysay ang pananampalataya sa Diyos, at magiging walang silbi ang pakikinig sa mga sermon. Pakiramdam din ng mga tao na sila ay may kaunting pag-asa sa kanilang buhay kapag nariyan ang anticristo, at ganap silang mawawalan ng pag-asa kung mamamatay ang anticristo. Hindi ba’t nabihag na ni Satanas ang mga taong ito? (Oo.) At hindi ba’t nararapat lang iyon sa mga taong tulad nito? (Oo.) Bakit natin sinasabing nararapat ito sa kanila? Ang Diyos ang Siyang sinasampalatayanan mo, kaya bakit ka sumasamba at sumusunod sa mga anticristo, hinahayaan silang pigilan at kontrolin ka sa bawat

pagkakataon? Saka, anuman ang tungkuling ginagawa ng isang tao, nagbigay sa mga tao ang sambahayan ng Diyos ng malilinaw na prinsipyo at patakaran. Kung may problemang hindi kayang lutasin ng isang tao nang mag-isa, dapat siyang maghanap mula sa isang taong nakakaunawa sa katotohanan, at maghanap mula sa ang Itaas tungkol sa mga mas seryosong usapin. Ngunit hindi lang sa hindi mo hinahanap ang katotohanan, bagkus, sumasamba at tumitingala ka pa sa mga tao, naniniwala sa kung ano ang sinasabi ng mga anticristong ito. Samakatwid, naging alipores ka na ni Satanas, at hindi ba't ang sarili mo lang ang puwede mong sisihin? Hindi ba iyan nararapat sa iyo? Ang pagtataas at pagpapatotoo sa sarili ay isang karaniwang pag-uugali at pagpapamalas ng mga anticristo, at isa ito sa mga pinakakaraniwang pagpapamalas. Ano ang pangunahing katangian kung paano itinataas at pinatotohanan ng mga anticristo ang kanilang sarili? Paano ito naiiba sa kung paano itinataas at pinatotohanan ng pangkaraniwang tao ang kanyang sarili? Ito ay na ang mga anticristo ay may sariling intensyon sa likod ng pagkilos na ito, at hinding-hindi nila ito ginagawa nang walang kamalayan. Sa halip, nagkikimkim sila ng mga intensyon, pagnanais, at ambisyon, at masyadong nakakikilabot isipin ang mga kahihinatnan ng kanilang pagpapatotoo sa kanilang sarili sa ganitong paraan—malilihis at makokontrol nila ang mga tao.

Hayaan mo Akong magbigay ng isang halimbawa. Puwede ninyong isipin kung ang ganitong uri ng pagpapamalas at disposisyon ay nauugnay sa pagtataas at pagpapatotoo sa sarili. Minsan, may isang lider na gumawa ng gawain ng iglesia sa isang lugar sa loob ng dalawa o tatlong taon. Pinupuntahan niya ang mga iglesia, at sa wakas ay napatibay ang sarili roon. Ano ang ibig sabihin ng napatibay ang sarili roon? Nangangahulugan ito na kilala siya ng karamihan sa mga tao at mataas ang tingin sa kanya, at na medyo kilala siya sa lugar na iyon. Sa sandaling makita siya ng mga tao, sinasalubong siya ng mga ito, inaalok sa kanya ang upuan nila, at binibigyan siya ng masarap na makakain. Walang mga boses na tumututol, walang mga tao na sumasalungat sa kanya; pamilyar na pamilyar ang lahat sa lider na ito, at sa kaibuturan, lahat sila ay lubos na sinasang-ayunan kung paano niya ginawa ang mga bagay-bagay, at tinatanggap nila ang kanyang pamumuno. Hindi tiyak kung gaano karaming gawain ang ginawa roon ng lider, kung gaano karami ang sinabi niya, o kung tungkol saan ang sinabi niya; walang nakakaalam ng mga detalyeng ito, ngunit sa madaling sabi, lubos na sumang-ayon sa kanyang pamumuno ang karamihan ng mga tao. Pagkalipas ng ilang panahon, sinabi ng lider: “Pawang masunurin at mapagpasakop ang mga kapatid dito, at maayos ang takbo ng iglesia sa lahat ng aspekto. Sa kasamaang-palad, may isang bagay na hindi ganap na kasiya-siya, na ang kapaligiran dito ay kakila-kilabot. Kung angkop ang kapaligiran, makahahanap tayo ng isang maganda at maaliwalas na araw upang pumunta sa isang malaking parke para sa isang malaking pagtitipon na may libo-libong tao, at ilalabas natin ang katotohanan gamit ang mikropono at isang hanay ng malalaking speaker, at aakay tayo ng mas maraming tao upang manampalataya sa diyos. Hindi ba't magbubunga ang gawain natin?” Matapos marinig ito, lahat ay nagsabi ng “Amen” at sinang-ayunan ito.

Sabihin mo sa Akin, may problema ba sa pariralang “ilalabas natin ang katotohanan”? (Oo.) Ano ang problema? (Tinatrato ng lider ang kanyang sarili bilang Diyos.) Alam ninyong lahat na may problema rito, ngunit ang mga tao na naguguluhan na naroon ay hindi ito alam. Tumugon pa nga sila sa pangungusap na ito gamit ang isang “Amen”! Inilabas ba ng lider na ito ang katotohanan? Sino siya? Isa siyang ordinaryong lider; gumawa siya ng gawain sa loob ng ilang taon at pagkatapos ay nagsimulang isiping nakahihigit siya sa lahat at nakalimutan niya kung sino siya, at ninais pa ngang ipahayag ang katotohanan—iyon ay isang mahirap na gawain para sa kanya. Ano ang pinatutunayan nito? Pinatutunayan nito na hindi niya alam kung sino siya, at hindi niya alam kung ano ang tungkuling ginagawa niya. Yamang may ganito siyang uri ng disposisyon, may anumang bahagi ba ng kanyang karaniwang gawain o pananalita ang nakaayon sa katotohanan? Ang kanyang karaniwang gawain at pananalita ay tiyak na puno ng mga magulo at maladiyablong salita, at lubos na hindi makakamit ang resulta ng panunustos at pagdidilig sa iglesia. Hindi niya alam kung ano ang katotohanan, lalo na kung ano ang kahulugan ng pagpapahayag ng katotohanan. Matapos gumawa sa isang lugar sa loob lang ng dalawa o tatlong taon, naramdaman niyang mayroon siyang kaunting katanyagan at kapital, at pagkatapos ay nakalimutan niya kung sino siya, naging maganda ang pakiramdam niya sa kanyang sarili, at ninais niyang ipahayag ang katotohanan. Ang pagkakaroon ba ng gayong maling akala ay hindi nakasusulasok? Saan nanggagaling ang maling akalang ito? Nagkaroon ba siya ng sakit sa pag-iisip, o ito ba ay isang panandaliang simbuyo ng damdamin? Gumawa siya ng kaunting gawain, walang sinuman sa lokal na iglesia ang sumalungat sa kanya, at tila ba naging maayos ang lahat para sa kanya, kaya naniwala siya na ang lahat ay resulta ng gawaing ginawa niya, at bigla niyang naramdamang maaako niya ang karangalan para rito. Naisip niya, “Kung makagagawa ako ng gayong kamakabuluhang gawain, hindi ba ako ang diyos? At kung ako ang diyos, ako ay lubhang nasisiil sa ngayon—kung mas mabuti ang panlabas na kapaligiran, maipahahayag ko ang katotohanan!” Biglang pumasok sa isip niya ang kaisipang ito. Hindi ba’t may mali sa pag-iisip niya? (Oo.) May mali sa pag-iisip niya. Hindi ba’t siya ay walang katwiran? Puwede bang ang mga kilos at salita ng mga Satanas at ng mga anticristo ay nagtataglay ng katwiran ng normal na pagkatao? Talagang hindi puwede. Gumawa ang lider na ito ng kaunting gawain at nakakuha ng ilang resulta, pagkatapos ay bigla niyang nakalimutang isa siyang tao. Ang nagagawa niyang sabihin ang gayong mga di-makatwirang salita ay nauugnay ba sa kanyang mga disposisyon? (Nauugnay ito.) Paano ito nauugnay? Sa loob ng kanyang mga disposisyon, handa ba siyang maging isang tagasunod? Alam ba niyang isa lang siyang pangkaraniwang tagasunod ng Diyos? Talagang hindi niya alam. Naniniwala siyang labis na kagalang-galang at nakahihigit sa iba ang kanyang katayuan at pagkakakilanlan. Hindi ba kayo pamilyar sa ganitong uri ng pag-uugali at sa kalikasan nito? Bakit itinapon sa hangin si Satanas? (Ninais nitong maging kapantay ang Diyos.) Ito ay dahil ninais nitong maging kapantay ang Diyos. Dahil hindi alam ni Satanas ang posisyon nito sa sansinukob, hindi

alam kung sino ito, at hindi alam ang sarili nitong hangganan, nang pahintulutan ng Diyos si Satanas na tumahak sa kaparehong espasyo tulad Niya, nagsimulang isipin ni Satanas na ito ay Diyos. Ninais nitong gawin ang mga bagay na ginawa ng Diyos, ninais nitong kumatawan sa Kanya, palitan Siya, at ikaila ang pag-iral Niya, at dahil dito, itinaapon ito sa himpapawid. Ginagawa ng mga anticristo ang kaparehong bagay, nagkakapareho ang kalikasan ng kanilang mga kilos, at sila at si Satanas ay iisa ang pinagmulan. Para sa isang anticristo, ang gayong pagpapamalas ay hindi isang paminsan-minsang pagbubunyag o ang resulta ng isang kapritso—ito ay ang lubos na pangigingabaw ng kanyang satanikong kalikasan at isang likas na pagbubunyag ng kanyang satanikong disposisyon. Ano ang kalikasan ng pagpapamalas ng lider na kakatapos Ko lang ikuwento? (Sa isang anticristo ito.) Bakit natin tinatalakay ang pagpapamalas na ito para sa aytem ng pagtataas at pagpapatotoo sa sarili? Paanong nauugnay ang kalikasan ng pagpapamalas na ito sa pagtataas at pagpapatotoo sa sarili? Ano ang kalikasan ng mga salitang “ilalabas ang katotohanan” na sinabi niya? Bakit Ko sinasabing nauugnay ang mga salitang ito sa pagtataas at pagpapatotoo sa sarili? (Naniwala ang lider na maibibigay niya sa mga tao ang katotohanan.) Iyan ang ibig niyang sabihin. Noong sinabi niya ang gayong mga bagay, inisip ng mga taong nakarinig ng mga ito, “Mayroon kang napakakahanga-hangang ugali, at nakapagsasalita ka sa gayong tono—hindi ba’t ito ang uri ng tono na dapat gamit ng Diyos sa pagsasalita? Hindi ba’t ito ang uri ng kahanga-hangang asal at lawak ng isipan na dapat mayroon ang Diyos?” Hindi ba’t nakamit ng lider na ito ang pakay na pagtataas at pagpapatotoo sa kanyang sarili? Nagawa niyang magkaroon ang mga tao ng damdamin ng pagrespeto, pagsamba, at paghanga sa kanya nang hindi ito namamalayan. Hindi ba’t iyon ang sitwasyon? (Oo.) Ito ang kahindik-hindik na anyo ng isang anticristo; ito ang isang anticristo na palihim na itinataas at pinatotohanan ang kanyang sarili.

Mayroon pa bang ibang mga pagpapamalas ng pagtataas at pagpapatotoo sa sarili? Dapat na pagnilayan ninyong lahat ang inyong sarili hinggil sa usaping ito. Gagawin ba ninyo ang gayong bagay na pagpapatotoo sa inyong sarili? Mapipigilan ka ba ng iyong konsensiya at katwiran at mahahadlangan mo ba ang iyong sarili sa paggawa ng gayong kahiya-hiyang bagay? Kung mapipigilan mo ang iyong sarili, pinatutunayan nitong may pagkamakatwiran ka, na iba ka sa mga anticristo. Kung hindi ka nagtataglay ng pagkamakatwirang ito, at mayroon ka ng ganitong mga uri ng ambisyon at pagnanais, at may kakayahan ding gawin ang gayong bagay gaya ng pagpapatotoo sa iyong sarili, kapareho ka ng isang anticristo. Kaya, ano ang kaso para sa inyo? Kumikilos ka ba nang may pagpipigil? Kung mayroon kang may-takot-sa-Diyos na puso, pakiramdam ng kahihiyan, at pagkamakatwiran, kung gayon, bagaman ibig mong gawin ang mga bagay na ito, iisipin mong sasalungatin ng mga ito ang Diyos at kamumuhian Niya, at pagkatapos ay magagawa mong pigilan ang iyong sarili at hindi ka mangangahas na patotohanan ang iyong sarili. Kung pipigilan mo ang iyong sarili nang isang beses at pagkatapos ay dalawang beses, sa kalaunan, ang mga ideyang ito, ang mga intensyon at kaisipang ito,

ay dahan-dahang magsisimulang mababawasan, unti-unti. Magkakaroon ka ng pagkilatis sa mga ideyang ito at mararamdaman mong kalait-lait at nakasusulasok ang mga ito, ang mga simbuyo at pagnanais mong gawin ang gayong mga bagay ay mababawasan, at unti-unti ay magagawa mong rendahan at kontrolin ang iyong sarili, hanggang sa paunti nang paunti ang dalas ng pag-usbong ng mga ideyang ito. Kung nababatid mo ang mga ito ngunit hindi mo kayang pigilan ang iyong sarili, at nagkikimkim ka ng matinding mga intensyon, nagnanais lang na pasambahin ang mga tao sa iyo, at hindi ka nasisiyahan kung walang sumasamba o sumusunod sa iyo, at napupuno ka ng pagkamuhi, at nais mong gumawa ng isang bagay, at nagagawa mong patotohanan ang iyong sarili nang walang pakundangan at nagpapasikat—isa kang anticristo. Ano ang kaso sa inyo? (Kapag nababatid ko ang mga ito, nagagawa kong pigilan ang aking sarili.) Saan ka umaasa para pigilan ang iyong sarili? (Umaasa ako sa pagkakaroon ng kaunting kaalaman sa Diyos at sa pagkakaroon ng may-takot-sa-Diyos na puso.) Kung ang isang tao ay mayroong may-takot-sa-Diyos na puso, magagawa niyang magpigil. Hindi naisasakatuparan ang pagpipigil sa pamamagitan ng pagtitimpi o paghadlang sa sarili, kundi isa itong resultang nakakamit sa pamamagitan ng pag-unawa sa katotohanan at takot sa Diyos. Pinipigilan ng isang tao ang kanyang sarili sa pamamagitan ng pagkamakatwiran at kognisyon, at kasabay nito, ginagawa ng isang tao ang pagpipigil dahil mayroon siyang bahagyang may-takot-sa-Diyos na puso at natatakot siyang salungatin ang Diyos. Kung hindi ka kayang pigilan ng iyong pagkamakatwiran, at wala ka ring may-takot-sa-Diyos na puso, at kung hindi ka nakadarama ng kahihiyan kapag pinatotohanan mo ang iyong sarili at nais mong ipagpatuloy ito, hindi sumusuko hanggang makamit mo ang iyong pakay, ang kalikasan nito ay naiiba—isa kang anticristo.

Ang mga pamamaraan at pagpapamalas na tinataglay ng mga anticristo para sa pagtataas at pagpapatotoo sa kanilang sarili ay sari-sari. May kinalaman ang ilan sa mga anticristong direktang itinataas at pinatotohanan ang kanilang sarili, at nagsasalita ng tungkol sa lahat ng kanilang merito, habang ang iba naman ay may kinalaman sa paghahanap nila ng mga paraan na gamitin ang di-direktang pananalita o kaparaanan para palihim na gawing mataas ang tingin sa kanila ng mga tao at makamit ang kanilang pakay na patingalain, pasambahin, at pasunurin ang mga tao sa kanila, at okupahin pa ang isang puwang sa puso ng mga tao—ito ang kalikasan ng gayong pag-uugali. Ang disposisyon ng mga anticristo na pagtataas at pagpapatotoo sa kanilang sarili ay naiiba sa mga pangkaraniwang tao pagdating sa kalikasan nito, sa mga nagiging resulta nito, pati na rin sa mga paraan ng pagpapamalas nito, at sa pinagbabatayan nitong mga intensyon at pakay. Higit pa rito, ang mga tao bang itinataas at pinatotohanan ang kanilang sarili ay basta lang nagsasalita tungkol sa lahat ng kanilang merito? Minsan, nagsasalita rin sila tungkol sa kanilang mga kapintasan, ngunit totoo bang hinihimay at sinisikap nilang makilala ang kanilang sarili kapag ginagawa nila ito? (Hindi.) Kung gayon, paano matutuklasan ng isang tao na hindi totoo ang kanyang kaalaman sa sarili, at na sa halip ito ay di-dalisay at may intensyon sa likod nito? Paano lubusang mauunawaan ng

isang tao ang usaping ito? Ang tinutumbok dito ay na kasabay ng kanilang pagsisikap na makilala nila ang kanilang sarili at isiwalat ang kanilang mga kahinaan, kapintasan, kakulangan, at tiwaling disposisyon, naghahanap din sila ng mga palusot at dahilan upang ipawalang-sala nila ang kanilang sarili sa pagkakasala. Palihim nilang sinasabi sa mga tao, “Nagkakamali ang lahat, hindi lang ako. Nagkakamali rin kayong lahat. Mapapatawad ang pagkakamaling nagawa ko; isa itong maliit na pagkakamali. Kung nagawa ninyo ang kaparehong pagkakamaling ito, magiging labis na mas malubhang kaso ito kaysa sa akin, dahil hindi ninyo pinagninilayan o hinihimay ang inyong sarili. Bagaman nagkakamali ako, mas magaling ako kaysa sa inyo at mas may pagkamakatwiran at integridad.” Kapag narinig ito ng lahat, iniisip nila, “Tama ka. Labis-labis mong nauunawaan ang katotohanan, at talagang nagtataglay ka ng tayog. Kapag nagkakamali ka, nagagawa mong pagnilayan at himayin ang iyong sarili; labis kang mas magaling kaysa sa amin. Kung nagkakamali kami, hindi kami nagninilay at nagsisikap na makilala ang aming sarili, at dahil sa takot na mapahiya, hindi kami nangangahas na himayin ang aming sarili. Mayroon kang mas malaking tayog at tapang kaysa sa amin.” Nagkamali ang mga tao na ito subalit nakuha pa rin nila ang pagpapahalaga ng iba at pinapupurihan nila ang kanilang sarili—anong disposisyon ito? Labis na bihasa ang ilang anticristo sa pagpapanggap, pandaraya sa mga tao, at pagkukunwari. Kapag nakakatagpo nila ang mga tao na nakakaunawa sa katotohanan, nagsisimula silang magsalita tungkol sa kanilang pagkakilala sa sarili, at sinasabi rin nilang isa silang diyablo at isang Satanas, na masama ang kanilang pagkatao, at na nararapat silang isumpa. Ipagpalagay na itatanong mo sa kanila, “Yamang sinasabi mong isa kang diyablo at isang Satanas, anong masasamang gawa ang ginawa mo?” Sasabihin nilang: “Wala akong ginawa, ngunit isa akong diyablo. At hindi lang ako diyablo; isa rin akong Satanas!” Pagkatapos ay tatanungin mo sila, “Yamang sinasabi mong isa kang diyablo at isang Satanas, aling masasamang gawa ng isang diyablo at isang Satanas ang ginawa mo, at paano mo nilabanan ang Diyos? Masasabi mo ba ang katotohanan tungkol sa masasamang bagay na ginawa mo?” Sasabihin nilang: “Wala akong ginawang anumang masama!” Pagkatapos ay higit mo pang ididiin at itatanong, “Kung wala kang ginawang anumang masama, bakit mo sinasabing isa kang diyablo at isang Satanas? Ano ang sinisikap mong makamit sa pagsasabi nito?” Kapag naging seryoso ka sa kanila nang tulad nito, wala silang masasabi. Sa totoo lang, nakagawa sila ng maraming masamang bagay, ngunit hindi nila lubos na ibabahagi sa iyo ang mga katotohanan tungkol dito. Magsasalita lang sila ng ilang kayabangan at magsesermon ng ilang doktrina para mangusap tungkol sa kanilang pagkakilala sa sarili sa isang hungkag na paraan. Pagdating sa kung paano nila partikular na nahikayat ang mga tao, dinaya ang mga tao, ginamit ang mga tao base sa sarili nilang mga damdamin, kung paano sila nabigong seryosohin ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, lumaban sa mga pagsasaayos ng gawain, kung paano nila dinaya ang ang Itaas, inilihim ang mga bagay-bagay sa mga kapatid, at kung gaano nila napinsala ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, hindi sila magsasabi ng kahit isang salita tungkol sa mga

katotohanang ito. Isa ba itong tunay na pagkakilala sa sarili? (Hindi.) Sa pagsasabing sila ay isang diyablo at isang Satanas, hindi ba sila nagkukunwaring sila ay may pagkakilala sa sarili para itaas at patotohanan ang kanilang sarili? Hindi ba't isa itong kaparaanang na ginagamit nila? (Oo.) Hindi malinaw na nakikita ng isang pangkaraniwang tao ang kaparaanang ito. Kapag tinanggal ang ilang lider, sila ay muling nahahalal kaagad pagkatapos, at kapag tinanong mo ang dahilan para rito, sinasabi ng ilang tao: "Mahusay ang kakayahan ng lider na iyon. Alam niyang isa siyang diyablo at isang Satanas. Sino pa ba ang may gayong antas ng kaalaman? Ang mga tao lang na talagang naghahangad sa katotohanan ang nagtataglay ng kaalamang iyon. Walang sinuman sa atin ang magagawang makamit ang kaalamang iyon tungkol sa ating sarili; walang ganoong tayog ang pangkaraniwang tao. Dahil dito, muli siyang pinili ng lahat." Ano ang nangyayari rito? Inilihis ang mga taong ito. Alam ng lider na ito na isa siyang diyablo at isang Satanas ngunit pinili pa rin siya ng lahat, kaya ano ang epekto at kahihinatnan nito sa mga tao sa kanyang pagsasabi na siya ay isang diyablo at isang Satanas? (Nagagawa nitong pataasin ang tingin ng mga tao sa kanya.) Tama iyon, nagagawa nitong mas pataasin ang tingin ng mga tao sa kanya. Tinatawag ng mga walang pananampalataya ang kaparaanang ito na "aatras para sumulong." Nangangahulugan ito na para maging mas mataas ang tingin ng mga tao sa kanya, nagsasabi muna siya ng masasamang bagay tungkol sa kanyang sarili upang maniwala ang iba na kaya niyang buksan at kilalanin ang kanyang sarili, na mayroon siyang lalim at kabatiran, at isang malalim na pang-unawa, at dahil dito, mas sinasamba siya ng lahat. At ano ang resulta ng mas pagsamba sa kanya ng lahat? Kapag oras na muli na pumili ng mga lider, itinuturing pa rin siyang perpektong tao para sa papel na ito. Hindi ba't sadyang magaling ang kaparaanang ito? Kung hindi siya nagsalita tungkol sa kanyang pagkakilala sa sarili nang tulad nito at hindi niya sinabing isa siyang diyablo at isang Satanas, at sa halip ay negatibo lang siya, nang makita ito ng iba, sasabihin nila, "Sa sandaling tinanggal ka at nawalan ka ng katayuan, naging negatibo ka na. Tinuturuan mo kami dati na huwag maging negatibo, at ngayon ang pagiging negatibo mo ay mas malubha pa kaysa sa amin. Hindi ka namin pipiliin." Walang sinuman ang magiging mataas ang tingin sa lider na ito. Bagaman wala pa ring pagkilatis sa kanya ang lahat, kahit paano ay hindi nila siya pipiliin na maging lider muli, at hindi makakamit ng taong ito ang kanyang pakay na gawing mataas ang tingin ng iba sa kanya. Ngunit kusa nang kumilos ang lider na ito, sinasabing: "Isa akong diyablo at isang Satanas; sumpain nawa ako ng diyos at ipadala ako sa ikalabing-walong antas ng impiyerno at hindi ako pahintulutang muling isilang sa buong kawalang-hanggan!" Naaawa ang ilang tao sa kanya kapag naririnig ito at sasabihing: "Labis na nagdusa ang aming lider. O, inagrabyado siya! Kung hindi siya pahihintulutan ng Diyos na maging isang lider, ihahalal namin siya." Sinusuportahan ng lahat nang labis ang lider na ito, kaya hindi ba sila inilihis? Ang orihinal na intensyon ng kanyang mga salita ay nakumpirma na, pinatutunayang tunay ngang inililihis niya ang mga tao sa ganitong paraan. Paminsan-minsang inililihis ni Satanas ang mga tao sa

pamamagitan ng pagtataas at pagpapatotoo sa sarili nito, at paminsan-minsan ay kaya nitong aminin ang mga pagkakamali nito sa pasikot-sikot na paraan kapag wala na itong ibang pagpipilian, ngunit pagkukunwari ang lahat ng ito, at ang pakay nito ay ang makamit ang simpatiya at pang-unawa ng mga tao. Sasabihin pa nga nito, “Walang sinuman ang perpekto. May mga tiwaling disposisyon ang lahat at nagkakamali ang lahat. Hangga’t kayang itama ng isang tao ang kanyang mga pagkakamali, mabuting tao siya.” Kapag naririnig ito ng mga tao, pakiramdam nila ay tama ito, at patuloy silang sumasamba at sumusunod kay Satanas. Ang kaparaanan ni Satanas ay ang maagap na pagkilala sa mga pagkakamali nito, at palihim na pagpupuri sa sarili nito at pagtataas sa posisyon nito sa puso ng mga tao, para tanggapin ng mga tao ang lahat ng tungkol dito—kahit ang mga kamalian nito—at pagkatapos ay patawarin ang mga kamaliang ito, unti-unting kalimutan ang mga ito, at sa kalaunan ay ganap na tanggapin si Satanas, nagiging tapat dito hanggang kamatayan, hinding-hindi iiwan o tatalikuran ito, at sinusundan ito hanggang sa dulo. Hindi ba’t ito ang kaparaanan ni Satanas sa paggawa ng mga bagay-bagay? Ganito kumikilos si Satanas, at ginagamit din ng mga anticristo ang ganitong uri ng kaparaanan kapag kumikilos sila para tuparin ang kanilang mga ambisyon at pakay na pasambahin at pasunurin sa kanila ang mga tao. Ang mga kahihinatnan nito ay magkapareho, at hindi talaga naiiba sa kahihinatnan ng paglilihis at paggawang-tiwali ni Satanas sa mga tao.

Kapag nagsasalita ang ilang tao tungkol sa kanilang pagkakilala sa sarili, inilalarawan nila ang kanilang sarili bilang gulong-gulo at walang silbi, sinasabi pa na sila ay isang diyablo at isang Satanas, na marapat sa kanila ang isumpa, at na hindi sila magrereklamo kung ititiwalag sila ng Diyos. Gayunman, walang tunay na pagkaunawa sa kanilang kalikasang diwa o sa kanilang mga tiwaling disposisyon ang mga taong ito, at hindi nila maibahagi ang anumang tungkol sa kanilang tunay na kalagayan. Sa halip, sinisikap nilang gumamit ng pagkukunwari para ilihis ang iba, at gamitin ang kaparaanan at teknik ng maagap na pagkilala sa kanilang mga kamalian at “aatras para sumulong” upang bulagin at dayain ang mga tao, at pagkatapos ay gawing maganda ang opinyon sa kanila ng mga tao. Ito ang pagsasagawa ng mga anticristo. Sa susunod na makatagpo kayo ng isang taong tulad nito, paano ninyo siya itatrato? (Usisain ang mga detalye.) Tama iyon, dapat ninyong matutunang imbestigahan ang isyu at usisain ang mga detalye. At gaano kalalim kayo dapat mag-imbestiga? Gawin ninyo ito hanggang magmakaawa sila at sabihing, “Hindi ko na kayo kailanman muling ililihis. Kahit pa piliin ninyo ako na maging inyong lider, hindi ko kukunin ang papel na iyon.” Sabihin ninyo sa kanila, “Hinding-hindi mo na kami muling maililihis o hinding-hindi ka na namin pipiliin na maging aming lider, kaya itigil mo ang pangangarap!” Ano sa palagay ninyo? Ang lahat ng mga nagsasalita sa isang labis-labis na paraan tungkol sa kanilang pagkakilala sa sarili, at isinusumpa pa ang kanilang sarili, nang walang alinman dito ang tila totoo, ay mga huwad ang pagka-espirituwal at mapagpaimbabaw na tao, at mapanlihis ang lahat ng kanilang mga salita. May isang katangian at kaunting detalye sa pananalita ang gayong

mga tao na dapat mong makilatis. Halimbawa, sabihin mo sa Akin, kung hiniling sa isang tao na sumulat ng isang panunumpa para sa pag-iingat ng mga handog, ano ang dapat sabihin sa unang pangungusap ng panunumpa? Ano ang isusulat ng isang tao na may pagkamakatwiran at pagkatao? Anong tono at pananalita ang gagamitin niya para tumayo sa kanyang wastong posisyon at maipaalam ang kanyang saloobin? Kapag nagsasalita ang mga ordinaryong tao, nararamdaman ng lahat na normal silang nagsasalita, ngunit ang mga ambisyosong indibidwal na masasamang tao o mga anticristo ay may partikular na tono kapag nagsasalita sila na kakaiba kaysa sa karaniwang tao. Halimbawa, sinasabi nilang: “Kung ako, si Ganito-at-ganyan, ay naglustay ng isang sentimo ng mga handog sa diyos, hayaan akong mamatay ng isang miserableng kamatayan—hayaan akong masagasaan ng sasakyan!” Anong uri ng tono ito? Nagsisimula sila sa salitang “Ako,” ginagamit ang pinakamataas na tono—ang motibasyon sa likod ng kanilang tono at paraan ng pagsasalita ay mapagmamasdan sa mga literal na salitang kanilang ginagamit. “Ako” ang unang salita—ginagamit nila ang pinakamataas na tono, at napakayabang nito—hindi ba’t isa itong matayog-pakinggang panunumpa? Ano ang tawag sa ganitong uri ng panunumpa? Tinatawag itong matayog-pakinggan at mapagpaimbabaw. Ang pagsusulat ng isang panunumpa nang may gayong pagkaagresibo—anong uri ng disposisyon ito? Isa itong panunumpa, kaya kanino ka manunumpa? Manunumpa ka sa Diyos, kaya paano dapat magsalita ang isang normal na tao sa kasong ito? Dapat siyang magsalita sa isang mapagpakumbabang paraan, tumayo sa kanyang wastong posisyon, magdasal sa Diyos, at magsalita mula sa puso. Hindi siya dapat gumamit ng eksaheradong mga salita o maging agresibo. Masyadong agresibo ang gayong mga tao kahit pa kapag gumagawa ng isang panunumpa—masyadong malubha ang kanilang mga satanikong disposisyon! Mahirap sabihin kung totoo o hindi ang kanilang panunumpa. Ang ibig nilang sabihin ay: “Wala kang tiwala sa akin? Natatakot kang pinagsasamantalahan ko ang sambahayan ng diyos, na nagnanakaw ako ng mga handog? Ginagamit mo ako ngunit wala kang tiwala sa akin, at hinihiling mo sa akin na manumpa—manunumpa ako, manood ka at tingnan mo kung mangangahas akong manumpa! Hindi ako naniniwalang magagawa ko ang isang bagay na tulad niyon.” Anong uri ng saloobin ito? Ito ay pagkaagresibo at kawalang-pakundangan. Mayroon pa silang kapangahasan na magprotesta laban sa Diyos, at gamitin ang isang panunumpa para ipawalang-sala ang kanilang sarili at ilihis ang mga tao. Ito ba ang may takot sa Diyos? Walang pagkamaka-Diyos sa ganito. Ang ganitong uri ng tao ay isang Satanas at isang anticristo; ganito magsalita ang mga anticristo. Nanunumpa na may mga nakatagong tono ng pag-angal—anong uri ng disposisyon ito? Maililigtas pa ba ang ganitong uri ng tao? May nakilala na ba kayong ganitong uri ng tao dati? Hindi ninyo alam kung paano kikilatisin ang mga pagpapamalas, pagbubunyag, o disposisyong ito na ipinakikita nila, hindi ba? Naniniwala pa nga ang ilang tao na ang ganitong uri ng tao ay matino, nagtataglay ng espirituwal na pang-unawa, matapat, at tapat sa Diyos. Hindi ba ito kahangalan? Hindi ba ito kawalan ng pagkilatis? Ang napakasamang pag-uugali at disposisyong ito ay

makikita sa literal na mga salita at sa pananalita ng kanilang panunumpa, ngunit iniisip pa rin ng mga tao na sadyang mabuti ang anticristong ito. Nauunawaan ba ng mga taong ito ang katotohanan? Tila mga doktrina lang ang nauunawaan ninyo, na kaya lang ninyong pag-usapan ang tungkol sa mga doktrina at magsalita ng mga hungkag na salita, at na kayo ay hindi nakakikilatis pagdating sa mga tiyak na usapin at isyu. Sa hinaharap, kung makatatagpo kayo ng ganitong mga uri ng usapin, magiging mapagkilatis ba kayo? (Oo.) Mga hayop ang mga taong sumusulat ng gayong mga panunumpa at lahat sila ay walang pagkatao. Nakita na ba ninyo ang ganitong uri ng panunumpa dati? Nakapagsulat na ba kayo ng panunumpang tulad nito dati? (Oo.) May kaparehong tono at kaparehong pambungad ba ito tulad nito? (Hindi ito kasingdirekta.) Pareho ba ang kalikasan nito? (Oo.) Magkapareho ang kalikasan nito. Ang panunumpa ay hindi tulad ng pagpasok sa isang pook ng labanan, na nangangailangan ng isang espiritu ng magiting na pagsasakripisyo ng sarili. Hindi nito kinakailangan ang ganoong uri ng espiritu. Kapag nanumpa ka sa Diyos, dapat na lubusan mo itong pag-isipan, at unawain kung bakit mo kailangang isulat ang panunumpang ito, at kung kanino ka nanunumpa at gumagawa ng pangakong ito. Ang nais ng Diyos ay ang saloobin ng isang tao, hindi isang uri ng espiritu. Agresibo ang espiritu mong iyan at mapagprotesta; pagpapamalas ito ng mayabang na disposisyon ni Satanas. Hindi ito maka-Diyos at hindi isang pagpapamalas na dapat mayroon ang mga nilikha, lalong hindi ito isang posisyon na dapat akuin ng mga nilikha. Hindi ba naimpluwensiyahan ng pambansang kabayanihan ang mga tao na nagpapakita ng pagpapamalas na ito? Nauugnay ba ito rito? Nalason na ang mga tao nang masyadong malalim—sa sandaling isulat nila ang isang panunumpa o pangako, iniisip nila ang lahat ng mga sikat na tao sa paglipas ng panahon na naging tapat sa kanilang mga bansa at mga kababayan. Bahagi ng grupo ni Satanas ang mga sikat na tao na iyon, at kumilos sila sa walang-konsensiyang paraan para itangi ang kanilang sarili at magpatotoo sa kanilang sarili, at para okupahin ang isang lugar sa puso ng mga tao at mag-iwan ng isang mabuting reputasyon para sa kanilang sarili upang maalala sila sa kasaysayan at magkaroon ng mabuting pangalan na magtatagal sa kawalang-hanggan. Pagkakaroon ng bulag na debosyon sa kanilang mga bansa ang tingin dito ng mga sumunod na henerasyon; sa tingin mo ba ay tunay silang bulag? Ano ba talaga ang pagiging bulag na ito? Ito ang pinakataksil at buktot na pagsasagawa, at may personal na intensyon sa loob nito. Hindi ito pagiging bulag, at tiyak na hindi ito debosyon—kabuktutan ito.

Nakapagsagawa na tayo ng maraming pagbabahaginan tungkol sa paksa ng pagpapatotoo ng mga anticristo sa kanilang sarili. May iba pa bang mga isyung nauukol sa paksang ito na hindi pa rin ninyo lubusang nauunawaan? Pinatotohanan ng ilang tao ang kanilang sarili gamit ang wika, at nangungusap sila ng ilang salita na nagpapasikat sa kanila, habang ang ibang mga tao naman ay gumagamit ng mga pag-uugali. Ano ang mga pagpapamalas ng isang tao na gumagamit ng mga pag-uugali para patotohanan ang kanyang sarili? Sa panlabas, nakikibahagi siya sa ilang pag-uugaling naaayon sa mga kuru-kuro ng mga tao, na tumatawag sa pansin ng mga tao, at na

nakikita ng mga tao bilang sadyang marangal at medyo naaayon sa mga moral na pamantayan. Ang mga pag-uugaling ito ang nagpapaisip sa mga tao na marangal sila, na mayroon silang integridad, na talagang mahal nila ang Diyos, na napakamaka-Diyos nila, at talagang nagtataglay sila ng may-takot-sa-Diyos na puso, at na sila ay mga tao na naghahangad sa katotohanan. Madalas silang nagpapakita ng ilang mabubuting pag-uugali sa panlabas para ilihis ang mga tao—hindi ba’t nangangamoy din ito ng pagtataas at pagpapatotoo sa sarili? Kadalasan, itinataas at pinatotohanan ng mga tao ang kanilang sarili gamit ang mga salita, gumagamit ng malinaw na pananalita para ipahayag kung paano sila naiiba mula sa mga masa at kung paanong may mas matatalinong opinyon sila kaysa sa iba, upang gawing mataas ang tingin ng mga tao sa kanila at tingalain sila. Gayunman, may ilang kaparaanan na hindi kinapapalooban ng tahasang pananalita, kung saan ang mga tao sa halip ay gumagamit ng mga panlabas na pagsasagawa para patotohanang mas magaling sila kaysa sa iba. Pinag-isipang mabuti ang ganitong mga uri ng pagsasagawa, dinadala ng mga ito ang isang motibo at isang tiyak na intensyon, at sadya ang mga ito. Nabalot at naproseso ang mga ito para ang makikita ng mga tao ay ilang pag-uugali at pagsasagawa na nakaayon sa mga kuru-kuro ng tao, na marangal, maka-Diyos, at umaayon sa malasantong pagiging disente, at na mapagmahal-sa-Diyos, may-takot-sa-Diyos, at nakaayon sa katotohanan. Nakakamtan nito ang kaparehong layon ng pagtataas at pagpapatotoo sa kanilang sarili at pagpapaisip sa mga tao na hangaan at sambahin sila. Nakatagpo o nakakita na ba kayo ng gayong bagay? Nagtataglay ba kayo ng ganitong mga pagpapamalas? Hiwalay ba sa tunay na buhay ang mga bagay na ito at ang paksang ito na tinatalakay Ko? Sa totoo lang, hindi hiwalay ang mga ito. Magbibigay Ako ng isang napakasimpleng halimbawa. Kapag ginagawa ng ilang tao ang kanilang mga tungkulin, tila ba lubhang abala sila sa panlabas; sadya silang nagpapatuloy sa paggawa sa mga oras na kumakain o natutulog ang iba, at kapag nagsimula nang gawin ng iba ang kanilang mga tungkulin, kakain o matutulog naman sila. Ano ang pakay nila sa paggawa nito? Nais nilang makatawag ng pansin at ipakita sa lahat na masyado silang abala sa paggawa ng kanilang mga tungkulin na wala na silang panahong kumain o matulog. Iniisip nilang: “Wala talaga kayong dinadalang pasanin. Bakit napakaagap ninyo sa pagkain at pagtulog? Kayong mga walang silbi! Tingnan ninyo ako, nagtatrabaho ako habang lahat kayo ay kumakain, at nagtatrabaho pa rin ako sa gabi kapag tulog na kayo. Makakayanan ba ninyong magdusa nang tulad nito? Kaya kong pagtiisan ang pagdurusang ito; gumagawa ako ng halimbawa sa pag-uugali ko.” Ano ang tingin ninyo sa ganitong uri ng pag-uugali at pagpapamalas? Hindi ba sinasadyang gawin ito ng mga taong ito? Sinasadyang gawin ng ilang tao ang mga bagay na ito, at ano ang uri ng pag-uugali ito? Nais ng mga tao na ito na maging iba sa karaniwan; nais nilang maging iba kaysa sa mga masa at ipakita sa mga tao na abala silang ginagawa ang kanilang mga tungkulin buong gabi, na lubos nilang napagtitiiisan ang pagdurusang ito. Sa ganitong paraan, labis na maaawa sa kanila ang lahat at magpapakita ng partikular na simpatya sa kanila, iniisip na mayroon silang

mabigat na pasanin sa kanilang mga balikat, na umaabot na hanggang sa leeg nila ang trabaho at masyado silang abala para kumain o matulog. At kung hindi sila maililigtas, magsusumamo sa Diyos ang lahat para sa kanila, makikiusap sa Diyos para sa kanila, at magdarasal para sa kanila. Sa paggawa nito, ginagamit ng mga taong ito ang mabubuting pag-uugali at pagsasagawa na naaayon sa mga kuru-kuro ng tao, tulad ng pagtitiis ng hrap at pagbabayad ng halaga, para dayain ang ibang tao at mapanlinlang na makuha ang kanilang simpatya at papuri. At ano ang pangwakas na resulta nito? Ang lahat ng nagkaroon ng ugnayan sa kanila at nakita silang nagbabayad ng halaga ay magsasabing lahat sa iisang boses: “Ang aming lider ang pinakamay-kakayahan, ang pinakakayang pagtiisan ang pagdurusa at ang pagbabayad ng halaga!” Hindi ba nila nakamtan ang kanilang pakay ng panlilihing sa mga tao? Pagkatapos, isang araw, sabi ng sambahayan ng Diyos, “Hindi gumagawa ng aktuwal na gawain ang lider ninyo. Ginagawa niyang abala ang kanyang sarili at gumagawa nang walang layon; kumikilos siya nang walang ingat at siya ay di-makatwiran at mapagdikta. Nagulo niya ang gawain ng iglesia, hindi niya nagawa ang anuman sa mga gawaing dapat niyang gawin, hindi niya nagampanan ang gawain ng ebanghelyo o ang gawain ng paggawa ng pelikula, at nasa kaguluhan din ang buhay iglesia. Hindi nauunawaan ng mga kapatid ang katotohanan, wala silang buhay pagpasok, at hindi sila makasulat ng mga artikulo ng patotoo. Ang pinakakaawa-awang bagay ay na hindi man lang nila makilatis ang mga huwad na lider at anticristo. Masyadong walang-kakayahan ang ganitong uri ng lider; isa siyang huwad na lider na dapat tanggalin!” Sa ilalim ng mga sitwasyong ito, magiging madali ba na tanggalin siya? Maaaring mahirap gawin ito. Yamang sinasang-ayunan at sinusupportahan siya ng lahat ng mga kapatid, kung may sinumang susubukang tanggalin ang lider na ito, magpoprotesta ang mga kapatid at makikiusap sa ang Itaas para mapanatili siya. Bakit magkakaroon ng gayong kalalabasan? Dahil gumagamit ng mabubuting pag-uugali sa panlabas ang huwad na lider at anticristong ito gaya ng pagtitiis ng hrap at pagbabayad ng halaga, pati na rin ng magagandang salita, para maantig, mabili, at mailihis ang mga tao. Sa sandaling nagamit na niya ang mga huwad na kaanyuang ito para ilihis ang mga tao, magsasalita ang lahat para sa kanya at hindi nila magagawang iwan siya. Malinaw na alam nilang hindi masyadong nakagawa ng aktuwal na gawain ang lider na ito, at na hindi niya nagabayan ang hinirang na mga tao ng Diyos na maunawaan ang katotohanan at makamit ang buhay pagpasok, ngunit sinusupportahan pa rin siya ng mga taong ito, sinasang-ayunan siya, at sumusunod sa kanya, ni wala man lang pakialam kung ang ibig sabihin nito ay hindi nila makakamit ang katotohanan at buhay. Higit pa rito, dahil nailihis sila ng lider na ito, sumasamba sa kanya ang lahat ng taong ito, hindi nila tinatanggap ang sinumang lider maliban sa kanya, at kahit ang Diyos ay ayaw na nila. Hindi ba’t tinatrato nila bilang Diyos ang lider na ito? Kung sasabihin ng sambahayan ng Diyos na hindi gumagawa ng aktuwal na gawain ang taong ito at na isa siyang huwad na lider at anticristo, magpoprotesta at maghihimagsik ang mga tao sa kanilang iglesia. Sabihin ninyo sa Akin, hanggang saan nailihis ng

anticristong ito ang mga taong iyon? Kung gawain ito ng Banal na Espiritu, bubuti lang ang kalagayan ng mga tao, at higit nilang mauunawaan ang katotohanan, magiging higit pa silang mapagpasakop sa Diyos, magkakaroon ng higit pang lugar para sa Diyos sa puso nila, at mas gagaling pa sa pagkilatis ng mga huwad na lider at anticristo. Mula sa pananaw na ito, ang sitwasyong kakatalakay lang natin ay tiyak na hindi gawain ng Banal na Espiritu—tanging ang mga anticristo at masasamang espiritu lang ang makapaglilihis sa mga tao nang gayon pagkatapos gumawa sa loob ng ilang panahon. Maraming tao ang nailihis at nakontrol ng mga anticristong ito, at sa puso nila, mayroon lang silang lugar para sa mga anticristo at walang lugar para sa Diyos. Ito ang huling resultang nakamtan ng mga anticristo na itinataas at pinatotohanan ang kanilang sarili sa pamamagitan ng panlabas na mabubuting pag-uugali. Ginagamit nila ang panlabas na mabubuting pag-uugali ng pagtitiis ng hirap at pagbabayad ng halaga para itaas at patotohanan ang kanilang sarili, na isa sa mga paraan na ginagamit ng mga anticristo para ilihis at kontrolin ang mga tao. Nakikita na ninyo ngayon nang malinaw ang usaping ito, hindi ba? Hindi ba't napakatuso at napakamapaglalang ng paggamit ng isang anticristo ng pagpapakita sa panlabas ng mabubuting pag-uugali ng pagtitiis ng hirap at pagbabayad ng halaga para ilihis ang mga tao. At hindi ba ginagawa rin ninyo ito paminsan-minsan? Umiinom ng kape ang ilang tao para sumigla sa gabi bilang paghahanda sa pagpupuyat sa paggawa ng kanilang mga tungkulin. Nag-aalala ang mga kapatid sa kanilang kalusugan at nagluluto ng sabaw ng manok para sa kanila. Kapag naubos na nila ang sabaw, sinasabi ng mga taong ito, "Salamat sa diyos! Natamasa ko ang biyaya ng diyos. Hindi ito marapat sa akin. Ngayong naubos ko na ang sabaw ng manok na ito, dapat akong maging mas mahusay sa paggawa ng aking mga tungkulin!" Sa realidad, ipinagpapatuloy nilang gawin ang kanilang mga tungkulin sa kaparehong paraan na kadalasan nilang ginagawa, nang hindi man lang itinataas ang kanilang kahusayan. Hindi ba't sila ay nagpapanggap? Nagpapanggap sila, at ang uri ng pag-uugaling ito ay palihim ding itinataas at pinatotohanan ang kanilang sarili; ang kalalabasang nakakamtan nito ay para sang-ayunan sila ng mga tao, tumaas ang tingin sa kanila, at maging masugid na tagasunod nila ang mga ito. Kung may ganitong uri ng pag-iisip ang mga tao, hindi ba't nakalimutan na nila ang Diyos? Wala na sa puso nila ang Diyos, kaya sino ang iniisip nila araw-gabi? Ito ay ang kanilang "mabuting lider," ang kanilang "sinisinta." Napakamapagmahal ng ilang anticristo sa karamihan ng mga tao sa panlabas, at gumagamit sila ng mga pamamaraan kapag nagsasalita sila, para makita ng mga tao na mapagmahal sila, at gugustuhing mapalapit sa kanila. Ngumingiti sila sa sinumang mapalapit sa kanila at nakikipag-ugnayan sa kanila, at nakikipag-usap sila sa gayong mga tao nang may napakabanayad na tono. Kahit na nakikita pa nila ang ilang kapatid na naging di-maprinsipyo sa kanilang mga kilos, at dahil doon ay napinsala ang mga interes ng iglesia, hindi nila pinupungusan ang mga kapatid na ito kahit katiting, hinihimok lang ang mga ito at inaaliw ang mga ito, at sinusuyo ang mga ito habang ginagawa nila ang kanilang mga tungkulin—sinusuyo nila nang sinusuyo ang mga tao

hanggang sa nadala na nila ang lahat sa harap nila. Unti-unting naaantig ang mga tao ng mga anticristong ito; sobrang sinasang-ayunan ng lahat ang kanilang mapagmahal na puso at tinatawag silang mga tao na nagmamahal sa Diyos. Sa kalaunan, sinasamba sila ng lahat at hinahangad ang kanilang pagbabahaginan sa bawat usapin, sinasabi ng lahat sa mga anticristong ito ang lahat ng kanilang mga pinakakaibuturan na saloobin at damdamin, hanggang sa punto na hindi na nga sila nagdarasal sa Diyos o naghahangad sa katotohanan sa mga salita ng Diyos. Hindi ba't nailihis ang mga taong ito ng mga anticristong ito? Isa pa ito sa ibang paraang ginagamit ng mga anticristo para ilihis ang mga tao. Kapag nakikibahagi kayo sa mga pag-uugali at pagsasagawang ito, o nagkikimkim ng mga intensyong ito, nababatid ba ninyong may problema rito? At kapag nababatid mo na ito, mababago mo ba ang takbo ng iyong mga kilos? Kung mapagninilayan mo ang iyong sarili at makararamdam ka ng tunay na pagsisisi kapag nabatid at nasuri mo na may problema ang iyong pag-uugali, mga pagsasagawa, o mga intensyon, pinatutunayan nitong naibaligtad mo na ang iyong takbo. Kung nababatid mo ang iyong mga problema ngunit hinahayaan lang ang mga ito at kumikilos ka ayon sa sariling mong mga intensyon, nahuhulog ng palalim nang palalim hanggang sa makarating ka sa puntong hindi mo na magagawang palayain ang iyong sarili, kung gayon ay hindi mo naibaligtad ang iyong daan at sinasadya mong itakda ang iyong sarili laban sa Diyos, itinataas at pinatotohanan ang iyong sarili, at naliligaw mula sa tunay na daan. Anong disposisyon ito? Disposisyon ito ng isang anticristo. Seryoso ba ito? (Oo.) Gaano kaseryoso ito? Ang kalalabasan ng isang tao na gumagamit ng higit pang mapaglalang at mapanlinlang na paraan, gumagamit ng pagtitiis ng hirap at pagbabayad ng halaga para ilihis ang mga tao, sinusubukang pasambahin at pasunurin ang mga tao sa kanya, ay kapareho ng isang tao na hayagang itinataas at pinatotohanan ang kanyang sarili—ito ay magkapareho ng kalikasan. Anumang paraan ang gamitin mo para itaas at patotohanan ang iyong sarili, malinaw man itong pananalita o ilang halatang mabubuting pag-uugali, magkakapareho ng kalikasan ang lahat ng ito. May kalidad ng anticristo ito, at isang kalidad ng pakikipag-away sa Diyos tungkol sa kanyang mga taong hinirang. Anuman ang maging anyo ng iyong pagpapamalas o alinmang paraan ang iyong gamitin, hangga't hindi nagbabago ang intensyon mo at magkapareho ang mga kahihinatnan, magkakapareho lahat ang kalikasan nito. Malinaw sa gayon na sobrang tuso ang mga anticristo. Hindi nila minamahal o hinahangad ang katotohanan, pero sila ay may kapabilidad na gamitin ang pagtitiis ng hirap at pagbabayad ng halaga bilang isang paraan para ilihis ang mga tao—ito ang kabuktutan ng mga anticristo.

Nagsasalita ang ilang tao tungkol sa ilang mga kakatwang teorya at abstraktong argumento para isipin ng mga tao na sila ay intelektuwal at maraming kaalaman, at na napakalalim ng kanilang mga kilos, at nang sa gayon ay makamtan nila ang kanilang pakay na pasambahin sa kanila ang mga tao. Ibig sabihin, palagi nilang nais na lumahok at magbigay ng kanilang opinyon sa lahat ng usapin, at kahit pa nakagawa na ng huling desisyon ang lahat, kung hindi sila nasisiyahan dito, naglilitanya sila ng

matatayog-pakinggang ideya para magpasikat. Hindi ba ito isang paraan ng pagtataas sa sarili at pagpapatotoo sa sarili? Sa ilang usapin, talagang napag-usapan na ng lahat ang mga bagay-bagay, sumangguni sa isa't isa, natagpuan ang mga prinsipyo, at nagdesisyon sa planong pagkilos, ngunit hindi nila tinatanggap ang desisyon at hinahadlangan ang mga bagay-bagay sa isang di-makatwirang paraan, sinasabing, "Hindi puwede iyan. Hindi pa ninyo ito komprehensibong isinaalang-alang. Bukod sa ilang aspektong napag-usapan natin, may naisip din akong isa pa." Sa katunayan, isang kakatwang teorya lang ang naisip nilang aspekto; nagbubusisi lang sila nang walang kabuluhan. Lubos nilang nababatid na nagbubusisi lang sila nang walang kabuluhan at pinahihirap ang mga bagay-bagay para sa ibang tao, ngunit ginagawa pa rin nila ito. Ano ang pakay nila rito? Ito ay para ipakita sa mga tao na naiiba sila, na mas matalino sila kaysa sa iba. Ang ibig nilang sabihin ay, "Ito ba ang antas ninyong lahat? Dapat kong ipakita sa inyo na nasa mas mataas na antas ako." Kadalasang hindi nila pinapansin ang anumang sinasabi ng iba, ngunit sa sandaling may dumating na isang importanteng bagay, nagsisimula silang guluhin ang mga bagay-bagay. Ano ang tawag sa ganitong uri ng tao? Sa pangkaraniwan, tinatawag siyang mapamuna at isang itlog na bugok. Ano ang mga karaniwang pamamaraan ng isang mapamuna? Nasisiyahan siya sa paglilitanya ng matatayog-pakinggang ideya at pagsali sa ilang ubod ng sama at balikong pagsasagawa. Kung hihilingin mo sa kanya na magpresenta ng tamang plano ng pagkilos, hindi niya magagawang makabuo nito, at kung hihilingin mo sa kanya na pangasiwaan ang isang seryosong bagay, hindi niya ito magagawa. Mga ubod ng samang bagay lang ang ginagawa niya, at palagi niyang nais bigyan ng "sorpresa" ang mga tao at magpasikat ng kanyang mga abilidad. Ano na nga ba ang kasabihang iyon? "Naglilagay ng kolorete ang isang matandang babae—para bigyan ka ng isang bagay na titingnan." Nangangahulugan ito na palagi niyang nais magpakitang-gilas ng kanyang mga abilidad, at kung makapagpapakitang-gilas man siya nang maayos o hindi, nais niyang malaman ng mga tao na, "Mas natatangi ako kaysa sa inyo. Lahat kayo ay hindi mahusay, mga mortal lang kayo, mga ordinaryong tao. Ako ay pambihira at nakahihigit sa karaniwan. Ibabahagi ko ang aking mga ideya para isorpresa kayo at pagkatapos ay makikita ninyo kung nakahihigit ba ako o hindi." Hindi ba't ginugulo nito ang mga bagay-bagay? Sinasadya niyang guluhin ang mga bagay-bagay. Anong uri ng pag-uugali ito? Nagdudulot siya ng mga pagkagambala at kaguluhan. Ito ang ibig niyang sabihin: Hindi ko pa naipakikita kung gaano ako katalino sa usaping ito, kaya kahit pa kaninong mga interes ang napinsala at kahit pa kaninong mga pagsisikap ang nasayang, isasabotahe ko ito hanggang maniwala ang lahat na ako ay nakahihigit, may kakayahan, at mahusay. Saka ko lang hahayaang magpatuloy ang usaping ito nang walang hadlang. Umiiral ba ang masasamang taong tulad nito? Ginawa mo na ba ang ganitong mga uri ng bagay dati? (Oo. Minsan natapos nang talakayin ng iba ang isang usapin at nakakita ng angkop na plano, ngunit yamang hindi nila ipinagbigay-alam sa akin habang nasa proseso ng paggawa ng desisyon, sinadya kong maghanap ng mga kapintasan dito.) Noong ginawa

mo ito, alam mo ba sa iyong puso kung tama ba o mali ito? Alam mo bang seryoso ang kalikasan ng problemang ito, na nagdudulot ito ng pagkagambala at kaguluhan? (Hindi ko ito nabatid noong panahong iyon, ngunit sa pamamagitan ng malubhang pagpungos ng aking mga kapatid, at sa pamamagitan ng pagkain at pag-inom ng mga salita ng paghatol at pagkastigo ng Diyos, nakita kong seryoso ang kalikasan ng problemang ito, na ginagambala at ginugulo nito ang gawain ng iglesia, at isa itong uri ng satanikong pag-uugali.) Yamang nakilala mo kung gaano ito kaseryoso, kapag may nangyaring mga kagayang bagay sa iyo pagkatapos nito, nagawa mo bang magbago nang bahagya at magkaroon ng kaunting pagpasok pagdating sa iyong pamamaraan? (Oo. Noong ibinunyag ko ang gayong mga kaisipan at ideya, batid ko na isa itong satanikong disposisyon, na hindi ko magagawa ang mga bagay sa ganoong paraan, at nagawa kong may-kamalayang magdasal sa Diyos at maghimagsik laban sa mga di-tamang kaisipan at ideyang iyon.) Nagawa mong medyo magbago. Kapag mayroon kang gayong mga problema ng katiwalian, dapat mong hanapin ang katotohanan para lutasin ang mga ito, pigilan ang iyong sarili, at magdasal sa Diyos. Kapag iniisip mong tinitingnan ka ng iba nang may paghamak, na hindi mataas ang tingin nila sa iyo o hindi ka sineseryoso, at kaya nais mong magdulot ng kaguluhan, kapag may ganito kang saloobin, dapat nababatid mong hindi ito nagmumula sa normal na pagkatao kundi mula sa isang satanikong disposisyon, at na, kung magpapatuloy ka nang ganito, magkakaroon ng gulo, at malamang ay sasalungatin mo ang disposisyon ng Diyos. Dapat mo munang malaman kung paano pigilan ang iyong sarili, at pagkatapos ay pumunta sa harap ng Diyos para magdasal sa Kanya at baligtarin ang iyong takbo. Kapag namumuhay ang mga tao sa loob ng sarili nilang mga kaisipan, sa loob ng kanilang mga tiwaling disposisyon, walang anuman sa ginagawa nila ang nakaayon sa katotohanan o magagawang mapalugod ang Diyos; laban sa Diyos ang lahat ng ginagawa nila. Makikilala mo na ngayon ang katunayang ito, hindi ba? Ang palagiang pagnanais na makipaglaban para sa kasikatan at kapakinabangan, at hindi pag-aalinlangang gambalain at guluhin ang gawain ng iglesia para magkamit ng reputasyon at katayuan, ay ang mga pinakahalatang pagpapamalas ng mga anticristo. Sa totoo lang, nagtataglay ng mga pagpapamalas na ito ang lahat ng tao, ngunit kung makikilala at kikilalanin mo ito, at pagkatapos ay babaligtarin mo ang iyong takbo, magkakaroon ng saloobin ng tunay na pagsisisi sa harap ng Diyos, at babaguhin ang iyong pamamaraan, mga pag-uugali, at mga disposisyon, isa kang tao na naghahangad sa katotohanan. Kung hindi mo kikilalanin ang mga tunay na problema na ito, tiyak na wala kang saloobin ng pagsisisi, at hindi ka isang tao na naghahangad sa katotohanan. Kung magpupumilit kang tahakin ang landas ng isang anticristo, at sumunod sa landas na ito hanggang wakas, at iniisip mo pa ring hindi ito isang problema at ayaw mong magsisi, nagpupumilit na kumilos sa ganitong paraan at nakikipagpaligsahan sa mga manggagawa at lider para sa kasikatan at pakinabang, iginigiit na mamukod-tangi, maging iba sa karamihan, at nagiging mas mahusay kaysa sa iba alinmang grupo ka naroroon, nasa gusot ka! Kung patuloy kang maghahangad ng reputasyon at katayuan

at matigas ang ulong tumatangging magsisi, isa kang anticristo at nakatakandang parusahan sa huli. Walang epekto sa iyo ang mga salita ng Diyos, ang katotohanan, at ang konsensiya at katwiran, at tiyak na makakaharap mo ang katapusan ng mga anticristo. Hindi ka maililigtas, at ikaw ay hinding-hindi matutubos! Kung matatamo ba o hindi ng mga tao ang kaligtasan at makatatahak sa landas ng pagkatakot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan ay nakasalalay sa kung nagpapakita sila ng mga pagpapamalas ng tunay na pagsisisi pagkatapos makilala ang kanilang sarili, at ang saloobin nila sa kanilang pagharap sa katotohanan, pati na rin ang landas na kanilang pinipili. Kung hindi mo tatalikuran ang landas ng isang anticristo, at sa halip ay pipiliin mong matugunan ang sarili mong mga ambisyon at pagnanais, walang pakundangang lumalaban sa katotohanan, at itinatakda ang iyong sarili laban sa Diyos, ikaw ay hinding-hindi matutubos. Kung walang kamalayan ang isang tao sa pagkatakot gaano pa man kalaki ang mga pagkakamali niya o kung gaano man karaming masamang gawa ang ginagawa niya, at hindi siya nakokonsensiya, at patuloy na nagdadahilan para sa sarili niya, nang hindi nakakaramdam ng kahit kaunting pagsisisi, kung gayon ay tunay siyang anticristo at isa siyang diyablo. Kung tinataglay lang ng isang tao ang iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo, ngunit kaya niyang aminin ang kanyang mga pagkakamali, tumalikod sa masama, at magkaroon ng pusong may pagsisisi, iba ang kalikasan nito kaysa sa mga anticristo at ganap na ibang usapin ito. Kaya, ang susi sa kung matatamo ba o hindi ng isang tao ang kaligtasan ay nakasalalay sa kung kaya ba niyang pagnilayan ang kanyang sarili, kung mayroon ba siyang pusong may pagsisisi, at kung kaya ba niyang tumahak sa landas ng paghahangad sa katotohanan.

Ang ikaapat na aytem, ang pagtataas at pagpapatotoo sa sarili, ay isang palagiang diskarte ng mga anticristo. Nagagawa ninyong makilala ang mga halatang pamamaraan, diskarte, at estratehiya kung paano itinataas at pinatotohanan ng mga anticristo ang kanilang sarili, subalit makikilala ba ninyo ang mga mas natatagong pag-uugali at pagpapamalas? Pagdating sa mga halatang bagay tulad ng paggamit ng lengguwahe para sa pagtataas at pagpapatotoo sa sarili, ibinubunyag ninyo ang mga bagay na ito, nakita ninyo ang iba na ibinubunyag din ang mga ito, at makikilala ninyo ang mga ito. Subalit kung walang lengguwaheng ginagamit at mga pagpapamalas lang ng pag-uugali ang mayroon, makikilala pa rin ba ninyo ang mga ito? Masasabing hindi ito magagawa ng karamihan. Kung gayon, ano ang mga katangian ng mga pag-uugali kung saan itinataas at pinatotohanan ng mga anticristo ang kanilang sarili? Tiyak na naaayon ang pag-uugali nila sa mga kuru-kuro, imahinasyon, moralidad, konsensiya, at mga damdamin ng tao. Ano pa? (Nakukuha nito ang pagsang-ayon at pagsamba ng mga tao.) Nakakakuha ito ng pagsang-ayon at pagsamba; ito ang nililikha nitong kalalabasan. Kung titingnan natin ito mula sa perspektiba ng kalalabasan, talagang may mapanlihis na kalidad ang pag-uugaling ito. Mula sa perspektiba ng kalikasan ng pagkilos na ito, sadyang may layunin ito. Halimbawa, kapag nagkakasakit ang isang tao, kung gusto niyang ilihis ang mga tao at gawing mataas ang tingin sa kanya ng mga ito, iinumina ba niya ang gamot

niya sa harap ng mga tao, o kapag walang tao? (Sa harap ng mga tao.) Wala bang intensyon sa likod nito? Ibig sabihin nito ay may sadyang layunin siya. Ano ang talagang layunin niya sa pag-inom ng gamot nang ganito? Gusto niyang makakuha ng kredito sa paggawa nito, at sabihin sa iyo na: “Tingnan mo, nagkasakit ako sa sobrang pagod ko sa paggawa ng tungkulin ko, pero hindi pa rin ako nagreklamo o lumuha ni isang patak. Ginagamot ko ang karamdaman ko, subalit kaya ko pa ring magpursigi sa tungkulin ko habang umiinom ako ng gamot.” Sa katunayan, hindi naman talaga tiyak na nakuha niya ang sakit na ito mula sa pagpapakapagod niya sa paggawa ng tungkulin niya o pagkatapos niyang manampalataya sa Diyos. Sinusubukan lang niyang gamitin ang lahat ng uri ng pag-uugali para magparating ng mensahe sa mga tao, na nagtitiis siya ng pagdurusa at nagbabayad ng halaga, na labis siyang nagdusa sa kapaligiran na ito subalit hindi siya nagreklamo ni isang beses, at napakaaktibo pa ring ginagawa ang tungkulin niya, at na nagtataglay siya ng determinasyong makapagtiis ng pagdurusa. Ano ang di-tahasang sinasabi nito sa mga tao? Na hindi mapagdududahan ang katapatan niya sa Diyos. Gusto niyang ipahayag na tapat siya at handa siyang magbayad ng halaga. Hindi ba’t isa itong anyo ng palihim na pagtataas sa sarili? Kung mayroon siyang katwiran, hindi niya babanggitin ang bagay na ito, magdarasal siya sa Diyos kapag walang tao, ipinahahayag ang determinasyon niya at sinusubukang kilalanin ang sarili niya, o normal lang niyang iinum ang gamot niya. Sa madaling salita, hindi niya gagamitin ang mga panlabas na pag-uugaling ito para sabihin sa mga tao na nagdurusa siya, na tapat niyang ginagawa ang kanyang mga tungkulin, at na dapat siyang gantimpalaan. Hindi niya kikimkimin ang mga layuning ito. Gayumpaman, kung kumikilos siya sa isang partikular na pasikat na paraan, gustong gawing mataas ang tingin sa kanya ng mga tao at purihin siya, may sadyang layunin ito. At ano ang layunin niya? Ito ay para makamit ang resulta ng pagtataas at pagpapatotoo sa sarili niya sa pamamagitan ng mensaheng ipinararating niya sa mga tao. Kung tapat siya, malalaman ito ng Diyos, kaya’t bakit kailangan niya pang ipagyabang ang tungkol dito sa ibang tao at ipaalam ito sa lahat? Ano ang layon niya sa pagpapaalam ng tungkol dito sa lahat? Ito ay para gawing mataas ang tingin ng mga tao sa kanya. Kung wala siya ng layon na ito, kikilos siya nang walang layunin, at hindi siya makikita ng iba na ginagawa ang mga bagay na ito. Kung may sadyang layunin siya, susukatin niya ang lawak ng mga pagkilos niya, at maglalaan siya ng matinding pagsisikap at pag-iisipan niya ang oras at lokasyon, hihintayin hanggang nariyan na ang lahat para hingin sa isang tao na dalhin sa kanya ang gamot niya, ipinaalam ito nang hayagan at nang may kaingayan. May napakalinaw na layunin dito. Kung wala siya ng layuning ito, maghihintay siya hanggang sa wala nang sinuman ang nasa paligid para inumin ang gamot niya. Ang kahandaan mong magtiis ng pagdurusa at magbayad ng halaga ay nauugnay sa iyong ugnayan sa Diyos; hindi mo ito kailangang linawin at ipagbigay-alam sa iba. Kung lilinawin mo ito sa iba, ano ang maibibigay nila sa iyo? Bukod sa pagkuha ng kanilang simpatiya at papuri, mayroon ka pa bang ibang makukuha mula sa kanila? Wala, walang anumang bagay. Kapag nagtitiis ka ng kaunting

pagdurusa at nagbabayad ng kaunting halaga sa paggampan ng iyong tungkulin, sa isang banda, ito ang mga bagay na dapat mong gawin at na handa kang gawin, at ginagawa mo ang sarili mong tungkulin. Sa isa pang banda, ang mga ito ay mga pagpapamalas na dapat mong ipakita sa Lumikha bilang isang nilikha, kaya't bakit mo ipangangalandakan ang mga ito? Kapag ipinangangalandakan mo ang mga ito, nagiging kasuklam-suklam ang mga ito; ano ang nagiging kalikasan ng gayong pag-uugali? Ito ay nagiging pagtataas at pagpapatotoo sa sarili at panlilihing sa iba—nagbabago ang kalikasan. Halimbawa, may ilang tao na palaging nagkakamot ng anit nila sa harap ng iba, at kapag may nagtatanong sa kanila tungkol dito, sinasabi nilang: “Mahigit sampung araw ko nang hindi napaliguan ang buhok ko—sunod-sunod ang pakikipagpulong ko sa mga potensyal na tatanggap ng ebanghelyo. Noong isang araw sinubukan kong maglaan ng kaunting oras para maghugas ng buhok ko, subalit pagkatapos ay dumating ang isang potensyal na tatanggap ng ebanghelyo para mag-imbestiga, at hindi ako nakaalis.” Sa katunayan, sinasadya nilang hindi maghugas ng buhok nila para bigyan ang ibang tao ng impresyon na napakaabala nila sa paggawa ng kanilang mga tungkulin. Tinatawag itong pakitang-tao. Ano ang layunin nila sa pagpapakitang-tao? Ito ay para gawing mataas ang tingin sa kanila ng mga tao, at ang kalikasan ng pag-uugaling ito ay pagtataas at pagpapatotoo sa sarili. Kahit sa isang maliit na bagay na tulad nito, hindi nila ito pinalalampas, gusto pa rin nilang palakihin ang isyung ito, ginagawa itong isang uri ng mahalagang mapagkukunan na magagamit nila para makapagpakitang-gilas, matugunan ang mga ambisyon at pagnanais nila, at makamit ang layunin nilang mapataas ang tingin sa kanila ng mga tao at sambahin sila ng mga ito. Hindi ba't kahiya-hiya ito? Kahiya-hiya at kasuklam-suklam ito. Saan nanggagaling ang lahat ng bagay na ito? Nagmumula ang mga ito sa tiwaling disposisyon ni Satanas, kung saan may pagpapanggap, panlilinlang, kabuktutan, at mga ambisyon. Palaging iniisip ng ganitong mga tao ang tungkol sa kanilang imahe, katayuan, at reputasyon. Wala silang pinakakawalang anumang bagay, palagi silang naghahanap ng mga paraan para gawing kapital ang mga bagay na iyon, para gawing mga mapagkukunan na magagamit nila upang gawing mataas ang tingin sa kanila ng mga tao at sambahin sila ng mga ito. Sa huli, kapag nakamit na nila ang kanilang layunin, umaasta silang parang wala silang pakialam dito. Isang uri din ito ng huwad na anyo, at sa panloob, palihim talaga silang nagdiriwang at nasisiyahan sa kanilang sarili. Hindi ba't mas kasuklam-suklam pa nga ito? Malinaw na mayroon na silang napakataas na katayuan, na pinahahalagahan sila ng lahat, tinitingala sila, tumatalima sa kanila, at sinusunod sila, subalit sa panlabas, nagpapanggap pa rin silang ayaw nila ng katayuan. Mas mapagpaimbabaw pa ito. Sa huli, ang lahat ay nailihis nila, at sinasabing ipinanganak sila nang walang anumang mga ambisyon, na sila ay mga taong umaakson. Sa totoo lang, maaaring mabunyag ito ng isang maliit na pagsubok: Kung tinanggalan sila ng katayuan nila, agad silang titigil sa paggawa ng mga tungkulin nila. Magiging ganoon iyon kabilis; isang maliit na bagay ang magbubunyag sa mga ambisyon nila. Ang mga ito ang mga pag-uugali at pamamaraang inilalabas ng tiwaling disposisyon ni Satanas

sa mga tao, pati na rin ang iba't ibang pangit na kalagayan ng mga tao. Mula sa mga pagpapamalas na ito, makikitang gusto ng mga tao ng katayuan at gustong umokupa ng isang lugar sa puso ng iba. Gusto nilang angkinin ang puso ng iba, makuha ang loob ng iba, at hikayatin ang iba na sambahin, tingalain, at sundan pa nga sila, sa gayon ay pinapalitan nila ang posisyon ng Diyos sa puso ng ibang mga tao. Isa itong pagnanais na taglay ng bawat tao mula kapanganakan. At ano ang pinatutunayan nito? Na, sa buhay ng mga tao, ang bagay na kumokontrol sa kanila ay ang disposisyon ni Satanas. Sa tiwaling sangkatauhan, wala ni isang tao ang ayaw sa katayuan—kahit ang mga hangal ay gustong maging mga opisyal, at maging ang may mapupurul na pag-iisip ay gustong pamahalaan ang iba. Gusto ng lahat ang katayuan, at ginagawa ng lahat ang mga bagay-bagay alang-alang sa katayuan, at nakikipagkompetensiya ang lahat sa Diyos para sa katayuan. Ang bawat isa ay may ganitong uri ng pag-uugali at diskarte, pati na ng ganitong uri ng disposisyon. Kaya, kapag naglalantad tayo ng mga anticristo na nagtataas at nagpapatotoo sa sarili nila, inilalantad din natin ang mga tiwaling disposisyon ng bawat tao. Ano ang layunin ng paglalantad nito? Ito ay para maipaunawa sa mga tao na ang mga pag-uugali at pagpapamalas na ito ng pagtataas at pagpapatotoo sa sarili ay hindi dapat tinataglay ng normal na pagkatao, kundi sa halip ay mga pagbubunyag ng mga tiwaling disposisyon, at mga negatibo at kasuklam-suklam na bagay. Gaano man katalino ang mga pamamaraan mo ng pagtataas at pagpapatotoo sa iyong sarili, at gaano man kapalihim ang iyong mga pagkilos, wala sa mga bagay na ito ang dapat na tinataglay ng normal na pagkatao, at ang lahat ng ito ay kinasusuklaman, kinokondena, at isinusumpa ng Diyos. Kaya, dapat isantabi ng mga tao ang mga pamamaraang ito. Ang pagtataas at pagpapatotoo sa sarili ay hindi likas na nilikha ng Diyos para sa tao—sa halip, isa ito sa mga pinakatipikal na pagbubunyag ng tiwaling disposisyon ni Satanas, at higit pa rito, isa ito sa pinakatipikal at tiyak na mga disposisyon at pamamaraan ng tiwaling diwa ni Satanas.

Nakakatulong ba sa inyo ang pagbabahaginan tungkol sa ilang partikular na halimbawa pagdating sa pag-unawa sa iba't ibang pagpapamalas ng pagtataas at pagpapatotoo sa sarili, halata man o mas nakatago ang mga paraang ito ng pagsasalita at pagkilos? (Oo, nakakatulong ito.) Saan ito nakakatulong? Nakakatulong ito sa mga tao na makilatis ang sarili nila at ang iba. Ang mga kalagayan, pagpapamalas, at pagbubunyag na ito na binabanggit ko ay lahat ng bagay na madalas ninyong ipinakikita, at dapat ninyong iharap ang sarili ninyong mga kalagayan sa mga ito para sa pagkukumpara, unawain kung ano talaga kayo, kung ano ang eksaktong buhay kung saan kayo nakadepende at ang sinasandigan ninyo para mabuhay, kung ano ang eksaktong nilalaman ng buhay na ito, kung ano ang eksaktong ipinagagawa ng mga disposisyong ito sa mga tao, at kung ano ang ipinasasabuhay ng mga ito sa mga tao. Sa pag-unawa sa mga partikular na pag-uugali, pagpapamalas, pamamaraan, at disposisyong ito, unti-unting mahihimay at makikilala ng mga tao ang kanilang sarili, ang kanilang sariling diwa, at ang kanilang kalikasan na kumontra sa Diyos, at sa gayon

ay mabibitiwan ang mga pamamaraang ito, magagawang lumapit sa harap ng Diyos at tumalikod sa dating gawi, at makakapagsagawa nang alinsunod sa katotohanan at maisasabuhay ito. Sinasabi ng ilang tao na: “Dahil ang pagtataas at pagpapatotoo sa sarili ay isang pamamaraan na hindi naaayon sa katotohanan at iyan ay kay Satanas at sa mga anticristo, kung hindi ako magsasabi o gagawa ng anumang bagay, hindi ba’t ibig sabihin niyon na hindi ako nagtataas o nagpapatotoo sa aking sarili?” Hindi ito tama. Kung gayon, anong paraan ng pagkilos ang hindi pagtataas at pagpapatotoo sa sarili? Kung magpapakitang-gilas ka at magpapatotoo sa iyong sarili tungkol sa isang partikular na bagay, makakamit mo ang resulta na mapataas ang tingin sa iyo ng ilang tao at sambahin ka. Subalit kung inilalantad mo ang iyong sarili at ibinabahagi ang pagkakilala mo sa sarili tungkol sa parehong bagay na iyon, iba ang kalikasan nito. Hindi ba’t totoo ito? Ang paglalantad sa sarili ng isang tao para pag-usapan ang tungkol sa pagkakilala niya sa sarili ay isang bagay na dapat tinataglay ng normal na pagkatao. Positibong bagay ito. Kung talagang kilala mo ang iyong sarili at tama, tunay, at tumpak ang sinasabi mo tungkol sa iyong kalagayan; kung nagsasalita ka tungkol sa pagkakilala na ganap na nakabatay sa mga salita ng Diyos; kung iyong mga nakikinig sa iyo ay napapabuti at nakikinabang dito; at kung nagpapatotoo ka sa gawain ng Diyos at niluluwalhati mo Siya, iyon ay pagpapatotoo sa Diyos. Kung, sa paglalantad mo sa iyong sarili, marami kang nababanggit tungkol sa iyong mga kalakasan, kung paano ka nagdusa, at nagbayad ng halaga, at nanatiling matatag sa iyong patotoo, at dahil dito, may mataas na opinyon sa iyo ang mga tao at sinasamba ka, pagpapatotoo ito sa iyong sarili. Kailangan mong masabi ang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang pag-uugaling ito. Halimbawa, ang pagpapaliwanag kung gaano ka kahina at kanegatibo noong nahaharap ka sa mga pagsubok, at kung paanong, pagkatapos mong magdasal at hanapin ang katotohanan, sa wakas ay naunawaan mo na ang layunin ng Diyos, nagkaroon ka ng pananalig, at naging matatag sa iyong patotoo, ay pagdadakila at pagpapatotoo sa Diyos. Ito ay ganap na hindi magpapakitang-gilas at pagpapatotoo sa iyong sarili. Samakatwid, kung magpapakitang-gilas at nagpapatotoo ka man sa iyong sarili o hindi ay nakabatay higit sa lahat sa kung nagsasalita ka ba tungkol sa iyong mga tunay na karanasan, at kung nakamit mo ba ang epekto ng pagpapatotoo sa Diyos; kailangan ding tingnan kung ano ang iyong mga layunin at mithiin kapag nagsasalita ka tungkol sa iyong patotoong batay sa karanasan. Sa paggawa nito ay mapapadali ang pagtukoy kung anong uri ng pag-uugali ang iyong ginagawa. Kung may tamang layunin ka kapag nagbabahagi ka ng patotoo, kahit na may mataas na opinyon sa iyo at sumasamba sa iyo ang mga tao, hindi talaga problema iyon. Kung may maling layunin ka, kahit walang may mataas na tingin sa iyo o sumasamba sa iyo, problema pa rin ito—at kung ang mga tao ay may mataas na tingin sa iyo at sumasamba sa iyo, kung gayon, mas malaking problema iyon. Samakatwid, hindi ka maaaring tumingin lang sa mga resulta para matukoy kung ang isang tao ay nagtataas at nagpapatotoo sa sarili niya. Dapat pangunahin mong tingnan ang layunin niya; nababatay sa mga layunin ang

tamang paraan ng pagkilala sa dalawang pag-uugaling ito. Kung susubukin mo lang na kilatisin ito batay sa mga resulta, maaaring mali mong maakusahan ang mabubuting tao. Nagbabahagi ang ilang tao ng partikular na tunay na patotoo, at ang iba naman ay nagkakaroon ng mataas na opinyon sa kanila at sinasamba sila—masasabi mo ba na nagpapatotoo ang mga taong iyon sa sarili nila? Hindi, hindi mo masasabi iyon. Walang problema sa mga taong iyon, ang patotoong ibinabahagi nila at ang tungkuling ginagawa nila ay kapaki-pakinabang sa iba, at ang mga hangal at mangmang na tao lang na may baluktot na pag-arok ang sumasamba sa ibang tao. Ang susi sa pagkilatis kung ang mga tao ay nagtataas at nagpapatotoo sa sarili nila o hindi ay ang pagtingin sa layunin ng nagsasalita. Kung ang layunin mo ay ang ipakita sa lahat kung paano nabunyag ang iyong katiwalian, at kung paano ka nagbago, at para makinabang ang iba mula rito, kung gayon, ang iyong mga salita ay taimtim at totoo, at naaayon sa mga katunayan. Tama ang gayong mga layunin, at hindi ka nagpapakitang-gilas o nagpapatotoo sa iyong sarili. Kung ang iyong layunin ay ang ipakita sa lahat na may mga tunay na karanasan ka, at na nagbago ka na at nagtataglay ng katotohanang realidad, para mapataas ang tingin nila sa iyo at sambahin ka nila, mali ang mga layuning ito. Iyon ay pagpapakitang-gilas at nagpapatotoo sa iyong sarili. Kung ang patotoong batay sa karanasan na binabanggit mo ay huwad, may halong kasinungalingan, at naglalayong linlangin ang mga tao, para pigilan silang makita ang tunay mong kalagayan, at para pigilang mabunyag sa iba ang mga layunin, katiwalian, kahinaan, o pagkanegatibo mo, kung gayon, mapanlinlang at mapanlihis ang gayong mga salita. Huwad na patotoo ito, panloloko ito sa Diyos at nagbibigay ng kahihyan sa Diyos, at pinakakinamumuhian ito ng Diyos sa lahat. May mga malinaw na pagkakaiba sa pagitan ng mga kalagayang ito, at lahat ng ito ay matutukoy batay sa layunin. Kung nakikilatis mo ang iba, makikita mo ang tunay na diwa ng mga kalagayan nila, at pagkatapos ay makikilatis mo na rin ang iyong sarili, at makikilatis mo ang tunay na diwa ng iyong mga kalagayan.

Pagkatapos pakinggan ang lahat ng sermong ito, may ilang tao na patuloy pa ring nagtataas at nagpapatotoo sa sarili nila tulad ng ginawa nila noon. Paano ninyo dapat tratuhin ang gayong mga tao? Maging mapagkilatis sa kanila, ilantad sila, at panatilihin ang inyong distansiya mula sa kanila. Kung may halaga ang mga salita nila bilang isang punto ng sanggunian, maaari ninyong tanggapin ang mga salitang iyon, subalit kung walang anumang halaga ang mga ito bilang sanggunian, dapat ninyong talikuran ang mga ito at huwag kayong maimpluwensiyahan ng mga ito. Kung ang mga taong pinaguusapan ay mga lider, ilantad ninyo sila, iulat sila, talikuran sila, at huwag tanggapin ang pamumuno nila. Sabihin ito: “Palagi mong pinatotohanan at itinataas ang iyong sarili, palagi mo kaming ginagawang manhid at kinokontrol kami, at nililihis mo kami. Lahat kami ay lalong napalayo sa Diyos, at wala man lang kaming Diyos sa aming puso—ikaw lang ang naroon. Ngayon ay maninindigan kami at talilikuran ka.” Dapat kumilos kayo nang ganito, dapat pangasiwaan ninyo ang isa’t isa, nang pinapangasiwaan ang inyong sarili at ang iba. Hindi ba ninyo madalas na kinakamot ang anit ninyo sa harap ng iba, o

sinabi sa mga tao na nilaktawan ninyo ang ilang pagkain gayong talagang kumakain kayo ng maraming meryenda sa likod nila? Kapag, kung minsan, hindi ito pinahihintulutan ng kapaligiran, normal lang sa mga tao na hindi maligo sa loob ng isang buwan, o laktawan ang pagsha-shower o laktawan ang pagligo sa buhok nila dahil masyado silang abala sa gawain. Mga karaniwang pangyayari ang lahat ng ito, at ang mga ito ang mga halagang dapat bayaran ng mga tao. Hindi malaking bagay ang mga ito—huwag nang palakihin ang isang maliit na bagay. Kung talagang pinalalaki ng isang tao ang gayong mga bagay kaysa sa kung ano talaga ang mga ito, sadyang kinakamot ang anit niya sa harap ng iba at sinasabing ilang araw na siyang hindi naliligo ng buhok niya, sadyang umiinom ng gamot sa harap ng iba, o nagpapanggap na sobrang pagod siya at nasa napakahinang pisikal na kondisyon, dapat manindigan ang lahat para ilantad siya at ipahayag ang pagkadismaya sa kanya. Sa ganitong paraan, mapipigilan ang walang-kahihiyang taong ito. Mapagpaimbabaw siya, nagpapakitang-tao siya para makita ng iba, at gayumpaman ay sinisikap niyang hikayatin ang mga tao na magpahayag ng pagsang-ayon sa pag-uugali niya, na tingnan siya nang may inggit, paghanga, at pagpapahalaga. Hindi ba't niloloko niya ang mga tao? Ang mga pamamaraanang ito ay katulad noong nagtangan ang mga Pariseo ng Banal na Kasulatan at nagdasal sa Diyos sa mga kanto. Wala silang pinagkaiba rito. Sa sandaling binanggit ng isang tao ang mga Pariseo na may hawak na Banal na Kasulatan at nakatayo sa mga kanto habang nagbabasa ng mga kasulatan o nagdarasal, iniisip ng mga taong ito na, "Masyado iyong kahiya-hiya. Hindi ako gagawa ng ganoon." Gayumpaman, sinasadya nilang uminom ng gamot o magkamot ng anit nila sa harap ng iba, hindi nila alam na ang ginagawa nila ay may katulad na kalikasan. Hindi nila kayang makita ang tunay na diwa nito. Sa pagtagal, kapag nakatagpo kayo ng gayong mga bagay, dapat matutunan ninyong makilatis at mailantad ang ganitong mga tao, inilalantad ang lahat ng pagpapaimbabaw nila—sa gayon ay hindi sila mangangahas na kumilos sa gayong paraan. Dapat gipitin ninyo sila nang kaunti, at ipaisip sa kanila na ang gayong mga pamamaraan, pag-uugali, at disposisyon ay kahiya-hiya at labis na kinasusuklaman ng lahat. Kung labis silang kinasusuklaman ng mga tao, kinasusuklaman ba sila ng Diyos? Lalo pa silang kinasusuklaman ng Diyos. Likas kang wala. Sapat ka na ngang kaawa-awa, kahit hindi mo pa itinataas at pinatotohanan ang iyong sarili, kaya kung sobra ka na ngang kaawa-awa at itinataas at pinatotohanan mo pa rin ang iyong sarili, hindi ba't magiging kasuklam-suklam ito sa mga tao? Hindi mo kailanman nagawa ang iyong tungkulin nang tapat, hindi ka kailanman kumilos nang may mga prinsipyo, at hindi mo pa natugunan ang mga hinihingi ng Diyos sa anumang aspekto. May problema ka na nga, kaya kung itinataas at pinatotohanan mo pa ang iyong sarili, hindi ba't magiging mas mahirap ang mga bagay-bagay para sa iyo? Mas mapapalayo ka pa sa mga hinihingi ng Diyos, at higit pang mapapalayo mula sa pag-abot sa pamantayan para sa pagkamit ng kaligtasan.

Sabihin mo sa Akin, ano ang kalikasan ng problema ng pagtataas at pagpapatotoo sa sarili? Gayon kalala na ginawang tiwali ni Satanas ang mga tao; hindi ba't hindi na

normal ang pagkatao at katwiran nila? Nagpakita na ba kayo ng mga pagpapamalas ng pagtataas at pagpapatotoo sa sarili ninyo sa paggampan ng inyong mga tungkulin? Sino ang makapagsasalita tungkol dito? (Nakapagpakita na ako ng gayong pagpapamalas. Kapag ginagampanan ko ang tungkulin ko hanggang hatinggabi, nagpapadala ako ng mensahe sa grupong nagtitipon para malaman ng iba na hindi pa rin ako natutulog sa ganitong oras, at para isipin nilang kaya kong magtiis ng hirap at magbayad ng halaga. Nagawa ko na ito mismo at madalas ko ring makita ang iba na ginagawa rin ito.) Mukhang marami ang gayong mga tao at wala sila sa minorya. Hindi ba't hindi kinakailangan ang paggawa ng gayong bagay? Napakahangal nito! Sino pa ang may anumang gustong sabihin? (Nakapagpakita na ako ng gayong pagpapamalas. Kapag nakikita ko na umiiral ang ilang problema sa gawain ng iglesia, sinisimulan kong lutasin ang mga ito, nagbibigay ng huwad na impresyon sa mga tao na ako ay napakasigasig, subalit kadalasan ay wala talaga akong ginagawang anuman pagkatapos magsalita. Hindi umuusad at hindi epektibo ang mga pagkilos ko, at sa huli ay hindi pa rin nalulutas ang problema, at naiiwang hindi pa rin naaayos ang usapin. Ginagamit ko ang paimbabaw na kasigasigan ko para lokohin ang mga tao at pagtakpan ang katunayang hindi ako nagsasagawa ng katotohanan.) Nagsasalita ka ng mga hungkag na salita, nagmamayabang, at hindi gumagawa ng anumang tunay na pagkilos. Hinahayaan mong makita ng mga tao ang iyong sigla, na parang nagsasagawa ka ng katotohanan, subalit pagdating ng oras para kumilos, hindi mo ito ginagawa nang may praktikal na saloobin at sumisigaw ka lang ng mga islogan. Sa huli, maganda lang ang iyong simula pero wala itong kahihinatnan, iniwang hindi kompleto ang gawain. Ang gayong pagpapamalas ay panlilihis din. At sa hinaharap, kapag may nangyaring katulad nito sa iyo, magiging mapagkilatis ka ba sa bagay na ito? (Ngayon ay medyo nakikilatis ko na ito kahit papaano.) Kung gayon, may direksiyon ka na ba sa pagbaligtad ng iyong takbo? Kung mangyayari muli sa iyo ang gayong bagay, maaari mong sundin ang dalawang hakbang: Ang unang hakbang ay ang paghusga kung talaga bang maaasikaso mo ang bagay na ito o hindi. Kung kaya mo, dapat mo itong gawin nang seryoso at praktikal. Ang ikalawang hakbang ay ang pagdarasal sa Diyos at paghiling sa Kanya na gabayan ka sa bagay na ito, at kapag kumilos ka, kailangan mo ring tanggapin ang pangangasiwa ng lahat habang kasabay nito ay magkaroon ng determinasyong gawin ang parte mo at makipagtulungan sa lahat para makompleto ang gampaning ito. Kung matututo kang gawin ang mga bagay-bagay nang sunod-sunod at magtrabaho sa isang praktikal na paraan, malulutas mo ang problemang ito. Kung palagi kang nagsasabi ng mga hungkag na salita, nagyayabang, nagsasalita nang padalos-dalos, paimbabaw na iniraraos ang mga bagay na ginagawa mo, at hindi ka talaga praktikal, kung gayon ay salanggapang ka. Dahil nakikita mong may problema sa gawain ng iglesia at nagagawa mong magmungkahi kung paano lulutasin ang problema, pinatutunayan nitong maaaring mayroon kang potensyal at maaaring mayroon kang kapabilidad sa gawain para ayusin ang bagay na ito. Ang tanging problema ay nasa iyong disposisyon—padalos-dalos kang kumilos, ayaw mong

magbayad ng halaga, at nakatuon ka lang sa pagsigaw ng mga hungkag na islogan. Sa sandaling matuklasan mo ang isang problema, tingnan mo muna kung kaya mo itong lutasin o hindi, at kung kaya mo, akuin mo ang gawaing ito at magpatuloy ka hanggang sa dulo, lutasin mo ang problema, isagawa at isakatuparan mo ang responsabilidad, at panagutan ito sa Diyos. Ito ang ibig sabihin ng paggampan sa mga tungkulin mo at pagkilos at pag-asal sa isang praktikal na paraan. Kung hindi mo malulutas ang problemang ito, iulat mo ito sa iyong lider at tingnan kung sino ang pinakaangkop na mangasiwa sa usaping ito. Una, dapat mong tuparin ang iyong responsabilidad; sa ganitong paraan, maitataguyod mo ang iyong tungkulin at makatatayo ka sa tamang posisyon. Pagkatapos mong matuklasan ang problema, kung hindi mo ito kayang lutasin subalit magagawa mong iulat ito, natupad mo na ang una mong responsabilidad. Kung pakiramdam mo na ito ay isang tungkuling dapat mong gampanan at makakayanan mo ang gawain, dapat kang humingi ng tulong sa mga kapatid mo, nang nakikipagbahaginan muna tungkol sa mga prinsipyo at gumagawa ng isang plano, at pagkatapos ay ang nakikipagtulungan nang maayos para makompleto ang bagay na ito. Ito ang ikalawang responsabilidad mo. Kung kaya mong akuin ang dalawang responsabilidad na ito, magagampanan mo nang maayos ang mga tungkulin mo, at ikaw ay magiging isang nilikhang pasok sa pamantayan. Ang mga tungkulin ng mga tao ay binubuo lang ng dalawang aspektong ito. Kung kaya mong akuin ang mga bagay na nakikita at nagagawa mo, nang ginagampanan ang mga tungkulin mo nang maayos, kung gayon, naaayon ka sa mga layunin ng Diyos.

May iba pa bang pagpapamalas ng pagtataas at pagpapatotoo sa sarili? (Kamakailan ay nagkaroon ako ng gayong pagpapamalas. Noong ginagampanan ko ang mga tungkulin ko, nagpakaabala ako sa mga bagay-bagay buong araw, at nagkaroon ng ilang problema sa iglesia na hindi ko praktikal na nalutas at sa halip ay pinangasiwaan ko lang nang pabasta-basta. Gayumpaman, nakita ng ilang tao na abala ako sa paggampan ng tungkulin ko araw-araw, kaya tumaas ang tingin nila sa akin at hinangaan nila ako. Hindi ba't naglalaman din ang pag-uugaling ito ng mga elemento ng pagtataas at pagpapatotoo sa sarili? Hindi ko makita nang malinaw ang bagay na ito at palagi akong nakakaramdam ng kaunting pagpigil.) Pagpapatotoo ba ito sa sarili mo? Kung abala ka sa paggampan ng mga tungkulin mo, nagagawa mong tiisin ang pagdurusang at hindi ka nagrereklamo, at mataas ang pagtingin sa iyo at hinahangaan ka ng hinirang na mga tao ng Diyos, normal ito at hindi dulot ng pagpapatotoo sa sarili mo. Abala ka lang sa paggampan sa mga tungkulin mo at hindi nagpapakitang-gilas o nagpapasikat, at hindi ka paulit-ulit na nagsasalita tungkol sa iyong mga karanasan ng pagdurusang, kaya't wala itong kaugnayan sa pagpapatotoo sa sarili mo. Gayumpaman, maraming tao ang mukhang abala sa panlabas kapag gumagampan ng kanilang mga tungkulin gayong, sa aktuwal, hindi nagbunga ng anumang resulta ang gawain nila at hindi nila nalutas ang anumang problema. Sinasang-ayunan ba ng Diyos ang mga taong abala sa ganoong paraan? Kung abala ka buong araw sa mga simpleng problema na maaaring malutas sa loob ng dalawang oras ng mga taong nakakaunawa sa katotohanan at nakakaarok

sa mga prinsipyo, at nakararamdam ka ng sobrang pagod at lubos kang nagdusa, hindi ba't nagpapakaabala ka lang sa wala, nagsusumikap lang nang walang layunin? Makakamit mo ba ang pagsang-ayon ng Diyos sa paggampan sa mga tungkulin mo sa ganitong paraan? (Hindi.) Masyadong mababa ang kahusayan ng paggawa mo! Sa bagay na ito, dapat mong hanapin ang mga katotohanang prinsipyo. Minsan ay masyadong marami ang ginagawa ng mga tao at talagang abala sila, na isang normal na bagay, subalit kung minsan ay wala silang masyadong kailangang gawin at gayumpaman ay abala pa rin sila. Ano ang nagdudulot nito? Ang isang dahilan ay na hindi pinlano at isinaayos nang makatwiran ang iyong gawain. Dapat mong maarok ang mga pangunahing tungkulin sa gawain, planuhin at isaayos ang mga ito nang makatwiran, at gampanan ang mga tungkulin mo nang may higit na kahusayan. Ang nagsusumikap nang walang layunin at ang paggawang-abala sa sarili mo nang walang kabuluhan ay hindi sinasang-ayunan ng Diyos. Ang isa pang sitwasyon ay kapag ang layunin mo ay ang ipaisip sa mga tao na abala ka, at ginagamit mo ang pamamaraan at huwad na anyong ito para manloko ng iba. Sa tuwing nagtitipon sila, hindi nilulutas ng ilang lider at manggagawa ang mga aktuwal na problema at sa halip ay gumagawa sila ng mga walang-kabuluhang pahayag, walang tigil na lumilihis sa paksa at patuloy na nagsasalita nang hindi nakakarating sa pangunahing punto. Ang ganitong paraan ng pagiging abala—hindi nagsusumikap para sa kahusayan o pag-usad—ay tinatawag na nagpapakaabala ng sarili sa wala. At anong klaseng saloobin ito? Ito ay pagraraos ng gawain ng isang tao, pagiging pabasta-basta, pagpapalipas ng oras, at sa huli ay pag-iisip pa rin na, “Anuman ang iniisip ng ibang tao o anuman ang iniisip ng Diyos, hangga’t malinis ang konsensiya ko ay magiging maayos ako. Kahit papaano ay hindi ako tatamad-tamad, at kahit papaano ay hindi ako nakakakuha ng libreng pananghalian.” Sa panlabas, maaaring tila hindi ka tatamad-tamad, na hindi ka nakakukuha ng libreng pananghalian, na araw-araw ay dumadalo ka sa mga pagtitipon o gumagampan ng iyong tungkulin, at na ang lahat ng iyong ginagawa ay nauugnay sa gawain ng iglesia, subalit sa aktuwal, sa kaibuturan mo, alam mo na ang mga bagay na ginagawa mo ay walang silbi o talagang walang kuwenta, at na iniraraos mo lang ang mga bagay-bagay. Problematiko ito. Kaya, gaano mo kaayos na ginagampanan ang iyong tungkulin? Alam na alam mo na may problema ka, subalit hindi mo hinahanap ang katotohanan para lutasin ito—ito ay pagiging pabasta-basta, manhid, at matigas ang kalooban. Ano ang kahihinatnan ng pagiging pabasta-basta at pagpapaliban kapag ginagampanan ang mga tungkulin mo? Tiyak na hindi mo matatamo ang pagsang-ayon ng Diyos, dahil hindi ka kumikilos nang may mga prinsipyo o kahusayan, at ang ganitong paggampan sa tungkulin mo ay pawang pagtatrabaho lang. Kung pinungusan at tinulungan ka subalit hindi ka pa rin nagsisisi, at nagrereklamo ka pa at negatibo at nagpapabaya habang nagtatrabaho, maaari ka lang naman maitiwalag. Kaya, kung hindi mo hahangarin ang katotohanan para lutasin ang problema ng pagiging pabasta-basta, gaano katagal mo mang ginagampanan ang mga tungkulin mo ay wala itong silbi, at hindi ka makakaabot sa mga pamantayan para sa paggampan ng mga tungkulin mo nang may katapatan.

Napakahalagang pagnilayan ng problemang ito. Hinihingi ng Diyos na kumilos ang mga tao nang may mga prinsipyo, na isagawa nila ang katotohanan, at na maging matapat sila. Kung makapasok ang isang tao sa mga katotohanang ito, makakamit niya ang mga resulta sa paggampan ng kanyang mga tungkulin, at sa pinakamababa ay magagawa niyang kumilos nang may mga prinsipyo. Narito ang pundasyon at ang susi sa pagtataas ng kahusayan ng isang tao. Kung ang isang tao ay walang mga katotohanang prinsipyo, gaano man niya kaabalang ginagampanan ang mga tungkulin niya at gaano man siya katagal na gumagawa bawat araw, hindi niya makikita ang tunay na mga resulta. Kapag hinahatulan kung ginagampanan ng mga tao ang mga tungkulin nila nang may katapatan, hindi tumitingin ang Diyos sa kung gaano katagal nilang ginagampanan ang mga tungkulin nila, kundi sa halip ay sa praktikal nilang mga resulta at kahusayan nila sa gawain, at sa kung kumikilos sila nang may mga prinsipyo at alinsunod sa katotohanan. Sa madaling salita, tinitingnan Niya kung ang mga tao ay may tunay na patotoo na batay sa karanasan at buhay pagpasok sa paggampan ng mga tungkulin nila. Kung walang anumang katotohanang realidad ang mga tao, kung gayon ay mga trabahador lang sila, subalit kung nakakapagsagawa sila ng katotohanan at nakakakilos sila nang may mga prinsipyo, isang palatandaan iyon na ginagampanan nila ang kanilang mga tungkulin bilang mga tao ng Diyos. Sa pamamagitan ng pagkukumparang ito, mauunawaan na ang mga pasok lang sa pamantayan sa paggampan ng kanilang mga tungkulin ay ang mga tao ng Diyos. Iyong mga hindi pasok sa pamantayan sa kanilang mga tungkulin, na palaging pabasta-basta, ay mga trabahador. Kung mauunawaan ng isang tao ang katotohanan at kumikilos siya nang may mga prinsipyo, hindi magiging problema para sa kanya ang paggampan ng anumang tungkulin, at hangga't saglit siyang nangangapa, sa huli ay magagampanan niya ang mga tungkulin niya sa paraang pasok sa pamantayan. Para naman sa mga may napakababang kakayahan o palaging pabasta-basta, mahihirapan silang tugunan ang mga hinihingi, at ang paggampan sa kanilang mga tungkulin ay walang iba kundi pagtatrabaho. Para naman sa mga tao na magulo ang isip, mga hangal, at mga taong may mababang pagkatao na hindi gumagawa ng wastong gawain, hindi tumatanggap sa katotohanan gaano man ito ibinabahagi, at patuloy na kumikilos nang walang ingat, maaari lang naman silang itiwag at hayaang manampalataya sa Diyos paano man nila gustuhin. Kaya, kung hindi ginagampanan ng isang tao ang kanyang tungkulin nang may mga prinsipyo at nagpapakaabala siya nang walang layunin at ginagawa niyang abala ang sarili niya sa wala araw-araw, kailangan niyang agad na hanapin ang katotohanan para malutas ito at kumilos nang may mga prinsipyo. Dapat niyang magampanan ang tungkulin niya nang normal araw-araw at hindi lang siya makontento kapag nakapagtrabaho na siya nang mahabang panahon, binibigyang-halaga ang kahusayan at paglikha ng isang tapos na produkto—tanging ang gayong mga tao ang mga taong sinasang-ayunan ng Diyos at na tapat na gumagampan ng kanilang mga tungkulin.

Sa panahon ngayon, maraming tao ang sumusunod sa Diyos at gumagampan ng sarili nilang mga tungkulin, pero may ilan sa kanila ang hindi kailanman naghangad sa katotohanan, at kapag gumagawa ng kanilang mga tungkulin, palagi silang kumikilos nang walang ingat at nang naaayon sa sarili nilang mga kagustuhan, ginagawa ang anumang gustuhin nila. Hindi sila gumagawa ng malalaking pagkakamali, pero palagi silang gumagawa ng maliliit na pagkakamali, partikular sa pagmumukha nilang abala araw-araw, ngunit sa realidad, halos hindi naman sila nag-asikaso ng anumang wastong bagay at pinalilipas lang nila ang kanilang oras. Masasabi rin ng isang tao na ginagawa lang nila ang kanilang trabaho para makaraos. Hindi ba't nanganganib ang gayong mga tao? Kung hinaharap palagi ng isang tao ang kanyang mga tungkulin at hinaharap ang atas ng Diyos nang may gayong kawalang-galang na saloobin, anong uri ng mga kahihinatnan magkakaroon ito? Ang di-epektibong paggawa at ang pagkakatanggal sa mga tungkulin ng isang tao ay isang magaan na kahihinatnan—kung gumagawa ng iba't ibang uri ng masasamang gawa ang isang tao ay dapat siyang paalisin, at ibibigay ng Diyos ang gayong tao kay Satanas. Ano ang ibig sabihin ng ibibigay kay Satanas? Nangangahulugan ito na hindi na siya aalagaan ng Diyos, na hindi siya ililigtas ng Diyos, at na magsisimula siyang tahakin ang maling landas at pagkatapos ay maparurusahan siya. Nauunawaan mo ito, hindi ba? Ngayon na ang oras kung kailan ibinubunyag ng Diyos ang mga tao, at kung pansamantala mong hindi sinusundan ang tamang landas, gagamitin ng Diyos ang praktikal na kapaligiran para bigyan ka ng isang pagkakataong matukoy ang iyong mga problema. Gayumpaman, kapag nalaman mo na binigyan ka ng Diyos ng oras para magnilay, na binibigyan ka Niya ng huling pagkakataon, kung hindi ka pa rin magbabalik-loob at matigas ang ulo mong ipagpapatuloy na gampanan ang iyong tungkulin nang pabasta-basta, kikilos ang Diyos. Nang nilayon ng Diyos na wasakin ang lungsod ng Ninive, ginawa ba Niya ito kaagad? Hindi Niya ito ginawa kaagad. Ano ang naging unang hakbang ng Diyos nang kumilos Siya? Una Niyang ipinaalam kay Jonas, at tahasang sinabi sa kanya kung paano mangyayari ang buong proseso at kung ano ang Kanyang mga layunin. Pagkatapos nito, pumunta si Jonas sa Ninive at nilakad niya ang buong lungsod, ipinapahayag na: “Apatnapung araw pa at ang Ninive ay mawawasak” (Jonas 3:4). Nakarating ang mensaheng ito sa pandinig ng lahat; narinig ito ng kalalakihan at kababaihan, ng mga bata at matatanda, at ng mga tao mula sa lahat ng antas ng lipunan—alam ito ng bawat sambahayan, at narinig ang balitang ito maging ng kanilang hari. Bakit kumilos ang Diyos sa gayong paraan? Sa pagtingin sa bagay na ito, makikita ng isang tao kung inililigtas, ibinubunyag, o pinarurusahan man Niya ang mga tao, lahat ng paraan ng Kanyang pagtrato sa mga tao ay may mga proseso at prinsipyo. Hindi Siya kumikilos sa biglaang kapritso, agad na winawasak ang isang tao kapag hindi Niya gusto ang hitsura nito. Sa halip, hinahayaan Niyang lumipas ang ilang panahon. Ano ang Kanyang layunin sa pagpapaubaya Niyang palipasin ang panahon? (Para hayaan ang mga tao na magsisi.) Ito ay para ipaalam sa mga taga-Ninive kung ano ang Kanyang gagawin, para hayaan silang magnilay-nilay

at unti-unting mauunawaan ang Kanyang mga layunin at unti-unting magsimulang magbalik-loob. May proseso para makilala ito ng mga tao, at ang 40 araw na ito ang oras na ibinigay ng Diyos sa mga tao para magbalik-loob. Kung hindi pa rin sila nagbalik-loob pagkaraan ng 40 araw at hindi nila ikinumpisal ang kanilang mga kasalanan sa Kanya, tutuparin ng Diyos ang bagay na ito alinsunod sa sinabi Niyang gagawin Niya. Ito ay dahil totoo ang Diyos sa mga sinasabi Niya, at matutupad ang mga sinasabi Niya—walang kasinungalingan ang mga salitang ito. Kung gayon, ano ang naging reaksiyon ng mga taga-Ninive nang matanggap nila ang balitang ito? Agad ba silang nagsuklob ng sako at abo? Hindi, nagkaroon ng isang proseso. Sa simula, marahil ay nag-alinlangan ang mga tao: “Lilipulin tayo ng Diyos; sinabi Niya ba talaga iyon? Ano ang ginawa natin?” Pagkatapos nito, ipinaalam ng lahat ng sambahayan sa isa’t isa ang tungkol sa bagay na ito at tinalakay ito nang magkakasama. Naramdaman nila na dumating ang isang krisis at na sila ay nasa sangang-daan ng buhay at kamatayan. Kaya, ano ang dapat nilang gawin? Dapat ba silang mangumpisal at magsisi, o mag-alinlangan at lumaban? Kung talagang pinili nilang mag-alinlangan at lumaban, ang kahihinatnan ay na malilipol sila pagkatapos ng 40 araw, pero kung ikinumpisal nila ang kanilang mga kasalanan at nagbalik-loob sila, magkakaroon pa rin sila ng makakapitan. Pagkatapos talakayin ang bagay na ito sa lahat ng antas sa loob ng maraming araw, lubhang kakaunting mamamayan ang nagawang mag-angkin ng saloobin ng pangungumpisal ng kanilang mga kasalanan at pagbabalik-loob. Nagawa nilang yumukod sa pagsamba, maghandog ng mga sakripisyo, o magpakita ng ilang mabuting pag-uugali at pagpapamalas. Subalit, may isang napakahalagang tao na nagligtas sa lungsod na ito—sino ito? Ito ay ang hari ng Ninive. Inutusan niya ang buong bansa, mula sa hari hanggang sa pinakamababang karaniwang tao, na sukluban ang sarili nila ng sako at abo, na ikumpisal ang kanilang mga kasalanan at magsisi sa Diyos na si Jehova. Pagkatapos maglabas ng gayong kautusan, may sinuman ba sa lungsod na maglalakas-loob na hindi gawin ito? May ganitong uri ng kapangyarihan ang isang hari. Kung ginamit niya ang kapangyarihang taglay niya para gumawa ng ilang masamang bagay, dumanas sana ng malaking sakuna ang mga tao sa bansa, pero sa halip ay ginamit niya ang kapangyarihang ito para gumawa ng mabubuting bagay, mga bagay ng pagsamba sa Diyos at pagbabalik-loob sa Kanya, at napanatili ang lungsod, at nailigtas ang mga tao sa buong bansa, at nagkaroon sila ng pag-asa na mapatawad. Hindi ba’t ito ay napagpasyahan ng iisang pag-iisip ng haring ito? Kung sinabi niya na, “Kahit handa pa kayong magsisi, hindi ko gagawin ito; bahala kayo sa inyong sarili. Hindi ako naniniwala sa gayong mga bagay, at wala akong ginawang anumang masama. Higit pa riyan, mayroon akong katayuan, kaya ano ang magagawa ng Diyos sa akin? Maaari ba Niya akong pagbawalan mula sa trono? Mawasak na kung mawawasak ang lungsod. Kahit wala ang mga karaniwang taong ito ay magiging hari pa rin ako, tulad nang dati!” Paano kung nagkaroon siya ng gayong ideya, gayong linya ng pag-iisip? Kung magkagayon ay mas kaunting karaniwang tao ang maaaring nailigtas, at sa huli ay maaaring inilabas ng

Diyos ang mga piling tao na handang magsisi. Pagkatapos Niya silang ilabas, iyong mga mas ginusto pang mamatay kaysa magsisi ay nawasak na sana kasama ng lungsod, at siyempre kasama nila ang hari. At para sa mga handang magsisi, nagawa pa sana nilang patuloy na mabuhay pagkatapos silang ilabas ng Diyos sa lungsod. Subalit, ang pinakamagandang bagay tungkol dito ay na nagawa ng hari ng Ninive na manguna sa pagsusuklob sa kanyang sarili ng sako at abo, at sinabi rin sa mga karaniwang tao ng lungsod, mapa-babae o lalaki, bata o matanda—kahit sino pa sila, opisyal man na may mataas na ranggo o mababang uri ng isang magsasaka—mula sa mga aristokrata hanggang sa mga ordinaryong sibilyan, na dapat nilang lahat na sukluban ang kanilang sarili ng sako at abo at lumuhod sila sa harap ng Diyos na si Jehova sa pagsamba, magpatirapa at ikumpisal nila ang kanilang mga kasalanan at ipahayag ang kanilang saloobin ng pagbabalik-loob, talikuran ang kanilang masamang pamamaraan at talikuran ang kasamaan sa kanilang mga kamay, magsisi sila sa Diyos, at magdasal na huwag Niya silang lipulin. Nanguna ang hari ng Ninive sa pamamagitan ng pagsisisi at pangungumpisal ng kanyang mga kasalanan sa Diyos, at sa paggawa nito ay nailigtas ang lahat ng mamamayan ng lungsod, na may maraming taong nakinabang kasama niya. Sa pangunguna sa paggawa nito, naging mahalaga ang kanyang kapangyarihan. Ang pangunguna ng haring ito sa kanyang mga tao para magbalik-loob sa Diyos ay isang bagay na tinatandaan ng Diyos.

May anumang pakinabang ba sa inyo ang pakikipagbahaginan nang gayon kadetalyado tungkol sa nilalaman ng pagtataas at pagpapatotoo ng mga anticristo sa kanilang sarili? Ang paulit-ulit na pagbabahaginan nang ganito, pagbibigay ng mga halimbawa, pagkukuwento, paggamit ng iba't ibang paraan at termino para ilarawan at tukuyin ito—kung hindi pa rin nakakaunawa ang mga tao, talagang wala silang espirituwal na pang-unawa, at ang ganitong mga tao ay hindi matutubos. Ano ang layunin ng pagbabahaginan nang gayon kadetalyado? Ito ay para tiyakin na pagkatapos marinig ng mga tao ang mga salitang ito, ang nauunawaan at natatanggap nila ay hindi mga doktrina, hindi literal na kahulugan, at hindi isang partikular na pagpapahayag, kundi isang katotohanan tungkol sa kondisyon ng mga bagay-bagay at ilang katotohanan at prinsipyong nauugnay sa diwa, pag-iral, at buhay ng mga tao. Kung kaya ninyong ihambing ang mga kasabihan o ang mga halimbawang ito na tinalakay Ko sa inyong sariling aktuwal na kalagayan o sa mga bagay na ibinubunyag ninyo sa inyong sariling buhay para sa pagkukumpara, kung gayon ay kaya ninyong unawain ang katotohanan at kayo ay mga tao na may espirituwal na pang-unawa. Ang pagkukumpara sa mga ito ay nangangahulugan ng pag-uugnay sa bawat halimbawa at isyu na tinalakay sa iyong kalagayan, at pag-uugnay sa bawat aspekto ng katotohanan na pinagbahaginan sa iyong sariling kalagayan at sa iyong sariling mga pagbubunyag. Kung alam mo kung paano pag-uugnayin ang mga bagay na ito at gamitin ang kaalamang ito, kung gayon ay mayroon kang espirituwal na pang-unawa, mayroon kang pag-asa na makapasok sa katotohanang realidad, at mauunawaan mo ang katotohanan. Kung hindi mo nauunawaan anuman ang

sinasabi, kung hindi mo naiuugnay ang mga bagay na ito sa iyong sarili, kung sa palagay mo ay walang kinalaman ang anumang naririnig mo sa kung ano ang iyong ibinubunyag at sa iyong sariling kalikasang diwa, at kung hindi mo mahanap ang kaugnayan, ganap kang mangmang at walang maunawaang anuman; wala kang espirituwal na pang-unawa. Ang gayong mga tao na walang espirituwal na pang-unawa ay maganda lang para sa pagtatrabaho at hindi makapapasok sa katotohanang realidad. Ang mga taong gustong magkamit ng kaligtasan ay dapat pumasok sa katotohanang realidad, at para makapasok sa katotohanang realidad ay dapat na nauunawaan ng isang tao ang mga salitang ito at nauunawaan niya ang mga kuwento at pangyayaring ito na Aking tinalakay, gayundin kung ano ang bawat bagay, bawat uri ng pagbubunyag, at ang diwa ng bawat uri ng tao at ang mga pagpapamalas at kalagayan nito, at magawang panghawakan ang lahat ng ito sa kanilang sarili. Sa ganitong paraan lang nila mauunawaan ang katotohanan; kung hindi nila maaabot ang puntong ito, hindi nila ito mauunawaan. Katulad ito ng pag-aalaga ng mga tao ng mga manok—kung nag-aalaga ang tao ng isang manok sa loob ng kalahating taon, at hindi pa rin ito nangingitlog, masasabi bang hindi nangingitlog ang manok na ito? (Hindi.) Kung tatlong taon nang inaalagaan ng may-ari ang manok na ito at pinakain niya ito ng mga butil at gulay, pero hindi pa rin ito nangingitlog anuman ang kinakain nito, masasabi bang hindi nangingitlog ang manok na ito? (Oo.) Kaya, pagdating sa mga tao, hindi nakakaunawa ang ilan sa kanila kahit anong sermon ang pinakikinggan nila at gaano mo man ibinabahagi ang katotohanan sa kanila. Ito ay isang taong walang espirituwal na pang-unawa. May isa pang uri ng tao, ang uri na nakakaunawa sa narinig niya pero hindi ito isinasagawa, hindi nagbabalik-loob. Ang ganitong uri ng tao ay tapos na at katulad ng mga tao mula sa lungsod ng Sodom—nakatadhanang maging isang pakay ng pagkawasak. Nabibilang ang mga anticristo sa categoryang ito ng mga tao; hindi sila nagbabalik-loob paano ka man magbahagi tungkol sa katotohanan. Isa lang ba itong mapagmatigas na disposisyon? (Hindi.) Mayroon silang kalikasang diwa na sumasalungat sa Diyos at mapanlaban sila sa katotohanan, at para sa gayong mga tao imposible para sa kanilang maunawaan ang katotohanan. Ginagawa nilang kaaway ang katotohanan, sinasalungat ang katotohanan at ang Diyos, at mapanlaban sila sa mga positibong bagay, kaya kapag nagbabahagi ka tungkol sa katotohanan, hindi nila ito tinatrato bilang katotohanan, kundi sa halip ay isang uri ng teorya, karunungan, o doktrina. Pagkatapos nilang makinig sa pagbabahaginan, sinasangkapan nila nito ang kanilang puso para pagkatapos nito ay makapagpapasikat sila at makapagkakamit ng sarili nilang interes, katayuan, kasikatan, at pakinabang. Ito ang kanilang layunin. Paano ka man magbahagi tungkol sa katotohanan at alinmang halimbawa ang iyong tinatalakay, hindi mo sila mababago, at hindi mo mababaligtad ang kanilang mga layunin o mababago ang paraan nila ng paggawa ng mga bagay-bagay. Sila ay mga taong hindi naghahangad sa katotohanan. Ang mga taong hindi tumatanggap at nagsasagawa ng katotohanan pagkatapos marinig ito ay hindi mababago ng katotohanan, at hindi ililigtas ng Diyos ang gayong mga tao. Ang ganitong

mga uri, sa pinakapayak, ay mailalarawan bilang mga taong mapanlaban sa katotohanan, at para maging mas partikular, sila ay mga anticristo. Ito ang pagkakaiba sa pagitan ng mga anticristo at ng mga ordinaryong tao.

Ang ilang tao ay may disposisyon ng isang anticristo, at madalas na nagbubunyag ng mga partikular na tiwaling disposisyon, ngunit kasabay ng pagkakaroon ng gayong pagbubunyag, pinagninilayan at kinikilala rin nila ang kanilang sarili, at nagagawang tanggapin at isagawa ang katotohanan, at paglipas ng panahon, may makikitang pagbabago sa kanila. Sila ay maaaring makatanggap ng kaligtasan. May mga tao, na sa panlabas, ay tila may kakayahang talikuran ang mga bagay-bagay, igugol ang kanilang sarili, magdusa ng paghihirap at magbayad ng halaga, subalit sa kanilang kalikasang diwa, sila ay tutol sa katotohanan at namumuhi rito. Kapag nakikipagbahaginan ka ng katotohanan sa kanila, tutol at laban sila rito. Nakakaidlip at nakakatulog sila sa mga pagtitipon at sermon. Kinaiinipan nila ang mga ito, at kahit pa nauunawaan nila ang kanilang naririnig, hindi nila isinasagawa ito. May iba na mukhang nakikinig nang taimtim sa mga sermon, subalit hindi nauuhaw ang kanilang puso para sa katotohanan at ang saloobin nila sa mga salita ng Diyos ay na sinusuri nila ang mga ito bilang isang uri ng espirituwal na kaalaman o teorya. At kaya kahit ilang taon na silang naging mananampalataya, o gaano man karaming salita ng Diyos na ang kanilang nabasa, o gaano karaming sermon na ang kanilang narinig, walang pagbabago sa kanilang pananaw sa paghahangad ng katayuan at pagpapahalaga sa kapangyarihan, o sa kanilang saloobin ng pagiging tutol sa katotohanan, pagkamuhi sa katotohanan, at paglaban sa Diyos. Sila ay tipikal na mga anticristo. Kung ilalantad mo sila sa pagsasabing, “Tinatangka mong kunin ang loob ng mga tao, at kapag itinataas at pinatotohanan mo ang iyong sarili, nililihis mo ang mga tao at nakikipagtunggali ka para sa katayuan sa Diyos. Ito ang mga kilos ni Satanas at ng mga anticristo.” Kaya ba nilang tanggapin ang gayong pagkondena? Talagang hindi. Ano ang iniisip nila? “Tama ako sa pagkilos nang ganito, kaya ganito ako kumikilos. Gaano mo man ako ikondena, anuman ang sabihin mo, at gaano pa ito katama sa paningin, hindi ko isusuko ang paraang ito ng paggawa ng mga bagay-bagay, ang pagnanais na ito, ang paghahangad na ito.” Napagpasyahan na ito, kung gayon: Sila ay mga anticristo. Anuman ang iyong sabihin ay hindi makakapagpabago sa kanilang mga pananaw, intensyon, motibo, ambisyon, o pagnanais. Ito ang tipikal na kalikasang diwa ng mga anticristo; walang makakapagpabago sa kanila. Gaano man nakikipagbahaginan ang mga tao tungkol sa katotohanan sa kanila, o anumang wika o pananalita ang ginagamit nila, anuman ang oras, espasyo, o konteksto, walang makakapagpabago sa kanila. Magbago man ang kanilang kapaligiran, magbago man ang mga tao, pangyayari, at bagay sa kanilang paligid, at gaano man magbago ang panahon, o gaano man kalaki ang mga palatandaan at kababalaghang ipinakikita ng Diyos, gaano man kalaki ang biyayang ipinagkaloob ng Diyos sa kanila, o kahit paano sila pinarurusahan ng Diyos, hindi magbabago ang paraan ng pagtingin nila sa mga bagay-bagay at ang kanilang motibo, at hindi magbabago ang ambisyon at pagnanais

nilang makipag-agawan ng kapangyarihan. Hindi magbabago kailanman ang paraan nila ng pag-asal at pakikisalamuha sa iba, gayundin ang saloobin nila ng pagkamuhi sa katotohanan at sa Diyos. Kapag tinutukoy ng iba na ang kanilang ginagawa ay pagtataas at pagpapatotoo tungkol sa kanilang sarili at pagsisikap na mailihis ang mga tao, binabago nila ang paraan ng kanilang pagsasalita sa paraang walang makikitang mali ang iba o hindi makikilatis ng iba. Gumagamit pa sila ng mga higit na tusong pamamaraan para patuloy na isakatuparan ang kanilang sariling proyekto at makamit ang kanilang pakay ng paghahari at pagkokontrol sa hinirang na mga tao ng Diyos. Ito ang naipamamalas sa isang anticristo, at ito ay inuudyukan ng diwa ng isang anticristo. Kahit na sinabi ng Diyos sa kanila na sila ay paparusahan, na dumating na ang kanilang wakas, na sila ay isinumpa, mababago ba nito ang kanilang diwa? Mababago ba nito ang kanilang saloobin sa katotohanan? Mababago ba nito ang pagmamahal nila sa katayuan, kasikatan, at pakinabang? Hindi. Ang pagbabago sa mga tao na ginawang tiwali ni Satanas para maging mga taong may normal na pagkatao na sumasamba sa Diyos ay siyang gawain ng Diyos; maaari itong makamit. Ngunit maaari bang gawing normal na mga tao ang mga demonyo, mga taong nakadamit sa balat ng tao ngunit ang kanilang diwa ay sataniko at mapanlaban sila sa Diyos? Imposible iyon. Hindi isinasagawa ng Diyos ang ganitong uri ng gawain; hindi kasama ang ganitong mga tao sa mga inililigtas ng Diyos. Kung gayon, paano tinutukoy ng Diyos ang ganitong mga tao? Sila ay kay Satanas. Hindi sila pipiliin o ililigtas ng Diyos; hindi nais ng Diyos ang ganitong mga uri ng tao. Gaano man katagal na silang nananampalataya sa Diyos, gaano man sila nagdusa o anuman ang nakamit nila, hindi magbabago ang kanilang motibo. Hindi nila isusuko ang kanilang mga ambisyon o pagnanais, lalo nang hindi nila bibitiwan ang kanilang motibasyon at pagnanasa na makipagtunggali sa Diyos para sa katayuan at sa mga tao. Ang gayong mga tao ay mga tunay na anticristo.

Sinasabi ng ilang tao na, “Hindi ba’t nakagagawa ng kasamaan at nakakapanlaban sa Diyos ang mga anticristo dahil lang sa pansamantalang pagiging magulo ng isip? Kung magpapakita ang Diyos ng ilang palatandaan at kababalaghan o parurusahan sila nang kaunti, para makita nila ang Diyos, hindi ba’t magagawa nilang kilalanin at magpasakop sa Diyos? Hindi ba’t magagawa nilang tanggapin at kilalanin na ang Diyos ay katotohanan at hindi na makipag-agawan sa Diyos para sa katayuan? Hindi ba’t ito ang kaso na wala silang pananalig dahil hindi nila nasaksihang nagpakita ang Diyos ng anumang mga palatandaan at kababalaghan o nakita ang espirituwal na katawan ng Diyos, kung kaya’t napakahina nila at pagkatapos ay nalilinlang sila ni Satanas?” Hindi, hindi iyon ang kaso. Ang mga ambisyon, pagnanais, at diwa ng mga anticristo ay ganap na natatangi at naiiba sa isang tao na pansamantalang nalinlang at hangal at hindi nakakaunawa sa katotohanan. Likas na nagtataglay ang mga anticristo ng isang satanikong kalikasan at sila ay tutol sa katotohanan at namumuhi sa katotohanan mula kapanganakan. Sila ay mga Satanas na hindi makapagkakasundo sa Diyos, na lumalaban sa Diyos at nakikipagtagisan sa Diyos hanggang sa huli, at sila ay mga

nabubuhay na Satanas na nakasuot ng balat ng tao. Ang gayong mga tao ay inilalarawan bilang mga anticristo alinsunod sa kanilang kalikasang diwa, at kung gayon, anong papel ang maaari nilang gampanan at anong mga bagay ang magagawa nila sa sambahayan ng Diyos? Ginagambala, ginugulo, ginigiba, at winawasak nila ang gawain ng Diyos. Hindi maiiwasang gawin ng mga taong ito ang mga bagay na ito sa sambahayan ng Diyos. Ganitong uri ng bagay sila, mayroon silang isang satanikong kalikasan, at tulad ito ng mga lobo na pumapasok sa gitna ng kawan, na ang intensyon ay lamunin ang mga tupa—ito ang nag-iisa at natatangi nilang layunin. Mula sa ibang perspektiba, bakit pinahihintulutan ng Diyos ang mga taong ito na magpakita sa Kanyang sambahayan? Ito ay para lumago ang pagkilatis ng hinirang na mga tao ng Diyos. Nakikita ba nang malinaw ng mga tao kung anong uri ang diyablong si Satanas, kung ano ang diwa ng mga salita at kilos nito, kung anong mga disposisyon ang ibinubunyag nito, o kung paano nito nililigaw ang mga tao at kinokontra ang Diyos sa mundo? Kapag nababanggit ang diyablong si Satanas, hindi malinaw na maipahayag ng mga tao kung ito ba mismo ang diyablo o si Satanas; pakiramdam nila ay abstrak at hungkag ito, na hindi ito sapat na kongkreto. “Nasaan si Satanas?” tanong nila. “Nasa hangin,” ang sagot. “Kung gayon, gaano kalaki si Satanas? Ano-anong mga himala ang partikular nitong ginagawa? Paano nito partikular na kinokontra ang Diyos? Ano ang kalikasang diwa nito?” Pakiramdam nila na ang lahat ng ito ay napakaabstrak, malabo, at hungkag. Gayumpaman, sa pamamagitan ng mga pagpapamalas at pagbubunyag ng mga anticristo, nagagawa nilang maitugma ang mga bagay na ito sa ginagawa ni Satanas at sa kalikasang diwa nito, at pagkatapos ay nagiging kongkreto ang lahat ng ito at hindi na nagiging abstrak o hungkag. Kapag naging kongkreto na ang lahat, maririnig ito ng mga tao na magsalita, makikita ang pag-uugali nito, at maingat na makikilatis ang kalikasang diwa nito. Sa ganitong paraan, hindi ba nila nararamdaman na naging mas kongkreto at tunay ang diwa ng diyablong si Satanas na tinutukoy ng Diyos, at praktikal nila itong maitutugma sa mga aktuwal na pagpapamalas? Ang ilang tao ay mababa pa ang tayog at hindi nakakaunawa sa katotohanan, at dahil sa ilang panandaliang kahangalan ay nalililang sila ng mga anticristo at naililigaw, kung kaya’t umaalis sila nang isang taon o higit pa. Pagbalik nila sa sambahayan ng Diyos, napagtatanto nila na hindi maganda sa pakiramdam ang sundan si Satanas. Nang sinimulang sundan ng mga taong ito ang mga anticristo, pakiramdam nila ay may sapat na dahilan at malaking kumpiyansa sila, sinasabi na, “Ayaw ng ang Itaas na sundan natin ang mga anticristo, pero susundan pa rin natin sila, at balang araw ay mapapatunayang tama tayo!” Ang resulta nito ay na, pagkaraan ng ilang panahon, nararamdaman nilang nawala sa kanila ang gawain ng Banal na Espiritu, hindi nila nagagawang maramdaman ang anumang kumpirmasyon sa kanilang puso. Para sa kanila, tila wala na ang Diyos sa piling nila, na nawalan na ng kahulugan at direksyon ang kanilang pananalig, at unti-unti ay pahigit nang pahigit ang nagiging pagkilatis nila sa mga anticristo. Dati ay inakala nila na talagang nauunawaan ng mga anticristo ang katotohanan, at sa pagsunod sa mga ito ay hindi sila magkakamali

sa kanilang pananalig, subalit nakikita na nila ngayon na may mga seryosong problema ang mga anticristo, na nagsasalita ang mga anticristo na tila nauunawaan ng mga ito ang katotohanan, subalit hindi kailanman isinasagawa ng mga ito ang katotohanan—isa itong katunayan. Nakikita nilang sinundan nila ang mga anticristo nang napakatagal na panahon at wala silang nakamit na anumang katotohanan, at na talagang napakamapanganib na patuloy na sundan ang mga anticristo, kung kaya sila ay nakakaramdam ng pagsisisi, tinatanggihan nila ang mga anticristo, at nagkukusa silang bumalik sa sambahayan ng Diyos. Kapag tinanggap na ng sambahayan ng Diyos ang gayong mga tao, ipapasalaysay sa mga taong iyon ang kanilang naging karanasan, at sinasabi nila na, “Napakahusay ng anticristo na iyon sa panlilihis sa mga tao. Noon, parang tama siya kahit ano pa ang iniisip ko tungkol sa kanya, subalit ang resulta ay wala akong anumang nakamit, walang naunawaang katotohanan, at wala akong nakuha ni katiting na katotohanang realidad pagkatapos siyang sundan sa loob ng mahigit isang taon. Nagsayang ako ng mahalagang oras. Talagang nakaranas ako ng napakalaking kawalan!” Ang karanasang ito ng kabiguan ay nagiging pinakamakabuluhan nilang alaala. Pagkatapos nilang bumalik sa sambahayan ng Diyos, mas nakikinig sila sa mga sermon, mas nauunawaan nila ang katotohanan at nagiging mas maliwanag ang kanilang puso. Kapag nagbabalik-tanaw sila sa oras na ginugol nila sa pagsunod sa mga anticristong iyon at nakikita kung paano sila nagdusa ng kawalan, nararamdaman nilang mga Satanas talaga ang mga anticristo at talagang wala silang katotohanan, na ang Diyos lang ang katotohanan, at hindi na sila nangangahas na sumunod muli sa ibang tao. Pagdating ng oras para pumili muli ng isang lider, maingat silang bumoboto, iniisip na, “Kung iboboto ko ang isang partikular na tao, baka tinutulungan kong mapili ang isang anticristo. Kung hindi ako boboto para sa isang partikular na tao, baka mapigilan niyon na mapili ang isang anticristo. Dapat akong mag-ingat at suriin ko ang mga tao ayon sa mga prinsipyo.” Hindi ba’t nakabatay ngayon ang kanilang mga kilos sa mga prinsipyo at pamantayan? (Oo, nakabatay rito ang mga ito.) Ito ay isang mabuting bagay. Ang ilang tao ay inililihis ng mga anticristo at nagsasabing, “Bakit nangyari ito sa atin? Isinantabi ba tayo ng Diyos? Wala na ba Siyang pakialam sa atin?” Sa gayong sitwasyon, papayag ka ba kung sasabihin sa iyo ng Diyos na huwag mong sundan ang mga anticristo? Hindi, hindi ka papayag. Ipipilit mo pa ring sundan sila, at ang magagawa lang ng Diyos ay pahintulutan kang gawin ito at pagkatapos ay turuan ka ng aral gamit ang mga katunayan. Pagkatapos ng ilang panahon ng pagsunod sa mga anticristo, bigla kang matatauhan at makikita mo na nagdusa ka ng kawalan sa iyong buhay, at saka ka lang makadarama ng pagsisisi at magiging handang tanggihan ang mga anticristo at muling magbalik-loob sa Diyos. Sa kabutihang-palad, mapagparaya at mahabagin ang Diyos, at gusto ka pa rin Niya. Kung hindi ka Niya gusto, ganap na matatapos ka na, wala ka nang pagkakataong magkamit ng kaligtasan—walang magandang wakas sa pagsunod sa mga anticristo.

Dapat mong malinaw na makita ang mga anticristo at makilala sila nang tama. Dapat malaman mo kung paano makilatis ang iba’t ibang pagpapamalas ng mga anticristo at,

gayundin, dapat mong malinaw na malaman na maraming bagay sa iyong sariling kalikasang diwa ang may pagkakatulad sa mga anticristo. Ito ay dahil lahat kayo ay kabilang sa sangkatauhang ginawang tiwali ni Satanas, at ang tanging kaibahan ay na ganap na nasa ilalim ng kontrol ni Satanas ang mga anticristo, at sila ay naging mga kasabwat ni Satanas at nagsasalita para dito. Kabilang ka rin sa tiwaling sangkatauhan, subalit nagagawa mong tanggapin ang katotohanan at may pag-asa kang makamit ang kaligtasan. Gayumpaman, maraming bagay pagdating sa diwa na may pagkakatulad ka sa mga anticristo, at pareho ang inyong mga pamamaraan at motibo. Iyon lang na, sa sandaling narinig mo na ang katotohanan at nakinig ka sa mga sermon, magagawa mong magbago ng landas, at ang kakayahang magbago ng landas ang makatutukoy na may pag-asa kang makamit ng kaligtasan—ito ang pagkakaiba sa pagitan mo at ng mga anticristo. Samakatwid, kapag inilalantad Ko ang mga anticristo, dapat mo ring ipagkumpara at kilalanin kung anong mga bagay ang may pagkakatulad kayo ng mga anticristo, at kung aling mga pagpapamalas, disposisyon, at aspekto ng diwa ang may pagkakatulad ka sa kanila. Sa paggawa nito, hindi mo ba magagawang mas makilala ang iyong sarili? Kung palagi kang nakakaramdam ng paglaban, naniniwalang hindi ka isang anticristo, nakakaramdam ng matinding pagkamuhi sa mga anticristo, at ayaw mong gawin ang pagkukumparang ito o pagninilay tungkol sa iyong sarili at pag-unawa kung anong landas ang iyong sinusundan, ano ang magiging kahihinatnan? Sa pagkakaroon ng isang satanikong disposisyon, malamang sa malamang na magiging isang anticristo ka. Ito ay dahil walang anticristo ang sadyang naghahangad na maging isang anticristo at pagkatapos ay nagiging gayon nga; ito ay dahil hindi nila hinahangad ang katotohanan, at natural na humahantong sila sa pagsunod sa landas ng isang anticristo. Hindi ba't mga anticristo ang lahat ng iyon sa relihiyosong mundo na hindi nagmamahal sa katotohanan? Ang bawat tao na hindi pinagninilayan at inuunawa ang kanilang sariling kalikasang diwa at na nananampalataya sa Diyos ayon sa kanilang mga kuru-kuro at imahinasyon, ay isang anticristo. Kapag nagsimula ka na sa landas ng isang anticristo, sa sandaling nagkamit ka ng katayuan, at isama pa ang katunayang may kaunti kang kaloob at pagkatuto, at hinahangaan ka ng lahat, habang ang oras na iyong ginugugol sa pagtatrabaho ay humahaba, nagkakaroon ka ng lugar sa puso ng mga tao. Habang lumalawak ang saklaw ng trabaho na iyong responsabilidad, parami nang parami ang taong iyong pinamumunuan, parami nang parami ang kapital na iyong makamit, at pagkatapos ay magiging isang tunay ka nang Pablo. Nakasalalay ba ang lahat ng ito sa iyo? Wala kang planong sundan ang landas na ito, subalit paanong hindi mo namalayan na tinahak mo na ang landas ng isang anticristo? Isang mahalagang dahilan nito ay na kung hindi mo hinahangad ang katotohanan, tiyak na hahangarin mo ang katayuan at katanyagan, isasakatuparan mo ang sarili mong proyekto, hanggang sa huli, nang hindi mo namamalayan, sinusundan mo na pala ang landas ng isang anticristo. Kung ang mga taong sumusunod sa landas ng isang anticristo ay hindi magbabago ng landas nang maagap, kapag nagkamit sila ng katayuan ay malamang

na malamang na magiging mga anticristo sila—hindi maiiwasan ang resultang ito. Kung hindi nila malinaw na nakikita ang bagay na ito, nasa panganib sila, dahil nagtataglay ang lahat ng mga tiwaling disposisyon at nagmamahal ang lahat sa reputasyon at katayuan; kung hindi nila minamahal ang katotohanan, napakadali nilang mahuhulog dahil sa reputasyon at katayuan. Kung wala ang paghatol at pagkastigo ng Diyos, ang lahat ay susunod sa landas ng isang anticristo at mahuhulog dahil sa reputasyon at katayuan, at ito ay isang bagay na hindi maitatangi ng sinuman. Sinasabi mo na, “Mayroon lang ako ng mga pagbubunyag na ito paminsan-minsan; mga pansamantalang pagpapamalas lang ang mga ito. Bagaman may katulad akong diwa sa mga anticristo, naiiba pa rin ako sa mga anticristo dahil wala ako ng gayong kalalaking ambisyon na tulad ng sa kanila. Gayundin, habang ginagawa ko ang aking tungkulin, palagi kong pinagninilayan ang aking sarili, nagsisisi ako, at naghahanap sa katotohanan, at kumikilos ako alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo. Kung huhusgahan ang aking pag-uugali, hindi ako isang anticristo at hindi ko nais na maging anticristo, kaya hindi ako maaaring maging isang anticristo.” Maaaring hindi ka isang anticristo sa ngayon, subalit matitiyak mo ba na hindi mo susundan ang landas ng isang anticristo at hindi ka magiging isang anticristo? Magagarantiyahan mo ba iyon? Hindi, hindi mo iyon magagarantiyahan. Kaya, paano mo magagarantiyahan iyon? Ang isa at tanging paraan para gawin ito ay ang hangarin ang katotohanan. Kung gayon, paano mo dapat hangarin ang katotohanan? May paraan ka ba para gawin ito? Una, dapat mong kilalanin ang katunayan na may katulad kang disposisyong diwa sa mga anticristo. Bagaman hindi ka isang anticristo sa ngayon, para sa iyo, ano ang pinakanakamamatay at mapanganib na bagay? Ito ay na nagtataglay ka ng katulad na kalikasang diwa sa mga anticristo. Mabuting bagay ba ito para sa iyo? (Hindi.) Tiyak na hindi. Nakamamatay ito para sa iyo. Samakatwid, habang pinakikinggan mo ang mga sermong ito na naglalantad sa iba’t ibang pagpapamalas ng mga anticristo, huwag mong isiping walang kinalaman ang mga bagay na ito sa iyo; maling taglayin ang saloobing ito. Kung gayon, anong uri ng saloobin ang dapat mong taglayin para tanggapin ang mga katunayan at pagpapamalas na ito? Ikumpara mo ang iyong sarili sa kanila, kilalanin na mayroon kang kalikasang diwa ng isang anticristo, at pagkatapos ay suriin ang iyong sarili para malaman kung alin sa iyong mga pagpapamalas at pagbubunyag ang kapareho sa mga anticristo. Una, kilalanin mo ang katunayang ito—huwag subukang ibalatkayo o ibalot ang sarili mo. Ang landas na tinatahak mo ay ang landas ng isang anticristo, kaya alinsunod sa mga katunayan na sabihing ikaw ay isang anticristo; kaya lang ay hindi ka pa inilarawan ng sambahayan ng Diyos bilang gayon at binibigyan ka ng pagkakataong magsisi, iyon lang. Nauunawaan mo ba? Una, tanggapin at kilalanin mo ang katunayang ito, at pagkatapos ang kailangan mong gawin ay lumapit sa Diyos at hingin sa Kanya na disiplinahin ka at pigilan ka. Huwag kang umalis sa liwanag ng presensiya ng Diyos o huwag mong iwan ang Kanyang proteksiyon, at sa paraang ito ay mapipigilan ka ng iyong konsensiya at katwiran kapag gumagawa ka ng mga bagay-bagay, at magkakaroon ka rin ng mga salita ng Diyos para

tanglawan ka, akayin ka, at pigilan ka. Bukod dito, magkakaroon ka ng gawain ng Banal na Espiritu para gabayan ka, para isaayos ang mga tao, pangyayari, at bagay sa paligid mo para magsilbing babala sa iyo at para disiplinahin ka. Paano ka binabalaan ng Diyos? Kumikilos ang Diyos sa maraming paraan. Minsan, idudulot ng Diyos na magkaroon ka ng isang malinaw na pakiramdam sa iyong puso, na magbibigay-daan para malinaw mong mapagtanto na dapat kang pigilan, na hindi ka dapat kumilos nang ayon sa iyong kagustuhan, na kung kumilos ka nang mali, magbibigay ka ng kahihyan sa Diyos at gagawin mong hangal ang iyong sarili, at kaya pipigilan mo ang iyong sarili. Hindi ba pagprotekta ito sa iyo ng Diyos? Isang paraan ito. Minsan, sasawayin ka ng Diyos sa kaibuturan mo at magpapakita Siya sa iyo ng malilinaw na salita para sabihin sa iyo na ang pagkilos sa ganoong paraan ay kahiya-hiya, na kinasusuklanan Niya ito, na isinumpa ito, ibig sabihin, gumagamit Siya ng malilinaw na salita para sawayin ka upang ikumpara mo ang mga iyon sa iyong sarili. Ano ang pakay ng Diyos sa pagsaway sa iyo sa ganitong paraan? Ginagawa Niya ito para may maramdaman ang iyong konsensiya, at kapag may nararamdaman ka na, isasaalang-alang mo ang epekto, kahihinatnan, at ang iyong kahihyan, at magpipigil ka sa iyong mga kilos at gawi. Kapag nagkaroon ka na ng maraming gayong karanasan, makikita mo na bagaman nakaugat ang mga tiwaling disposisyong ito sa kalooban ng mga tao, kapag nagkaroon na ng abilidad ang mga taong tanggapin ang katotohanan at malinaw na makita ang katotohanan ng kanilang sariling mga tiwaling disposisyon, magagawa nilang sadyang maghimagsik laban sa kanilang laman; kapag naisasagawa ng mga tao ang katotohanan, nalilinis at nababago ang kanilang satanikong disposisyon. Ang satanikong disposisyon ng tao ay hindi nasisira o nababago—kapag nagagawa mo nang tanggapin ang katotohanan at naisasagawa mo ang katotohanan, natural na mawawasak at mapapalitan ang iyong satanikong disposisyon. Kapag natikman mo na kung gaano katamis isagawa ang katotohanan, iisipin mo na, “Napakawalang-hiya ko noon. Gaano man kawalang-hiya ang mga salita ko o paano ko man itinataas ang aking sarili para sambahin ako ng iba, hindi ako nakaramdam ng kahihyan at wala akong kamalayan pagkatapos. Ngayon, nararamdaman kong mali ang pagkilos sa ganoong paraan at nawalan ako ng dangal, at nararamdaman kong tila maraming mga mata ang nakatutok sa akin.” Gawa ito ng Diyos. Binibigyan ka Niya ng isang pakiramdam, at mararamdaman mo na tila sinasaway mo ang iyong sarili, at pagkatapos ay hindi ka gagawa ng kasamaan o mananatili sa sarili mong landas. Nang hindi namamalayan, ang mga paraan mo ng pagtataas at pagpapatotoo sa iyong sarili ay paunti na nang paunti, lalo kang magpipigil sa iyong sarili, at lalo mong mararamdaman na sa ganitong pagkilos ay kalmado ang iyong puso at payapa ang iyong konsensiya—ito ay pamumuhay sa liwanag, at hindi na kailangang maging balisa o gumamit ng mga kasinungalingan o magagandang salita para ikubli ang iyong sarili. Dati, nagsinungaling ka at ipinagpatuloy mo ang mga kasinungalingan araw-araw para protektahan ang iyong reputasyon. Sa tuwing magsisinungaling ka, kinailangan mong ipagpatuloy ang kasinungalingang iyon, sa sobrang takot na baka

mabunyag mo ang iyong sarili. Ang resulta nito ay ang pagsisinungaling pa nang pagsisinungaling, at nang maglaon ay kinailangan mong magpursigi at mag-isip nang mabuti para maipagpatuloy ang iyong mga kasinungalingan; namuhay ka sa isang buhay na hindi katulad ng sa tao o ng sa mga demonyo, at sobrang nakakapagod! Ngayon, hinahangad mo na maging isang matapat na tao, at maaari mong buksan ang iyong puso at magsalita ka ng mga bagay na totoo. Hindi mo na kailangang magsinungaling at ipagpatuloy ang iyong mga kasinungalingan araw-araw, hindi ka na napipigilan ng mga kasinungalingan, mas kaunti na ang dinaranas mong paghihirap, namumuhay ka na nang mas maluwag, malaya, at napalaya, sa kaibuturan ng puso mo ay nadarama mo ang kapayapaan at kagalakan—nalalasap mo ang tamis ng buhay na ito. At habang ninanamnam mo ang tamis ng buhay na ito, ang iyong panloob na mundo ay hindi na mapanlinlang, buktot, o huwad. Sa halip, handa ka na ngayong lumapit sa Diyos, nagdarasal ka sa Diyos at hinahanap mo ang katotohanan kapag mayroon kang isyu, nagagawa mo itong talakayin sa iba kapag mayroon kang isyu, at hindi ka na kumikilos nang nag-iisa o nang arbitraryo. Lalo mong nararamdaman na ang paraan ng paggawa mo noon ng mga bagay-bagay ay kasuklam-suklam at ayaw mo nang gawin ang mga bagay na tulad niyon. Sa halip, kumikilos ka sa alinmang paraan na naaayon sa katotohanan, sa katwiran, at sa mga layunin ng Diyos; nagbago ang paraan ng iyong pagkilos. Kapag nagagawa mong makamit ang mga bagay na ito, hindi ba't ibig sabihin niyon na nakaalis ka na sa landas ng isang anticristo? At kapag nakaalis ka na sa landas ng isang anticristo, hindi ba't ibig sabihin niyon na tinatahak mo na ang landas ng kaligtasan? Kapag tinatahak mo na ang landas ng kaligtasan at madalas ka nang lumalapit sa Diyos, ang iyong saloobin, intensyon, perspektiba, ang mga layon at ang direksyon mo sa buhay ay hindi na sumasalungat sa Diyos, nagsisimula ka nang mahalin ang mga positibong bagay, at nagsisimula ka nang mahalin ang pagiging patas, pagiging matuwid, at ang katotohanan. Kapag nangyari ito, nagsisimulang magbago ang kaibuturan ng iyong puso at ang iyong mga iniisip. Kapag tinahak mo na ang landas ng kaligtasan, maaari ka pa rin bang maging isang anticristo? Maaari mo pa rin bang sadyaing labanan ang Diyos? Hindi, hindi mo magagawa iyon, at wala ka na sa panganib ngayon. Sa pagpasok lang sa kalagayang ito mapupunta ang mga tao sa tamang landas ng pananalig sa Diyos, at sa paghahanap at pagtanggap lang sa katotohanan sa ganitong paraan nila maiwawaksi ang mga problema, pagkontrol, at kaguluhan na dulot ng kanilang satanikong kalikasan at anticristong kalikasan. Tinatahak mo na ba ngayon ang tamang landas sa buhay ng paghahangad sa katotohanan? Kung hindi, magmadali at magsikap nang tahakin ito. Kung hindi mo kayang tahakin ang landas ng paghahangad sa katotohanan, mabubuhay ka pa rin sa panganib—ang lahat ng tumatahak sa landas ng mga anticristo ay nanganganib na matiwalag anumang oras.

Karamihan sa mga tao, habang ginagawa nila ang kanilang tungkulin, ay nakikipaglaban sa sarili nilang anticristong disposisyon, pagod sa pakikipaglaban para sa reputasyon, katayuan, pera at mga interes, pagod ang isipan at katawan. Kung

gayon, kailan malulutas ang problemang ito? Sa paghahangad lang sa katotohanan at pagkakaroon ng abilidad na tanggapin ang katotohanan mo unti-unting maiwawaksi ang mga paglilimita at paggapos ng iyong anticristong kalikasang diwa at unti-unting mapahihina at mapalalaho ang iyong satanikong disposisyon, at sa paggawa nito ay magkakaroon ka ng pag-asang mapalaya ang iyong sarili mula sa kapangyarihan ni Satanas. Umiyak na ba kayo nang palihim dahil sa mga bagay na ito, nararamdamang hindi ninyo kailanman kayang magbago, hindi kailanman kayang mahalin ang katotohanan, at hindi kailanman kayang pangasiwaan ang mga bagay ayon sa mga katotohanang prinsipyo, at labis na kinamumuhian ang inyong sarili na sinasampal ninyo ang sarili ninyong mukha at umiiyak kayo ng mapapait na luha? Nagawa na ba ninyo ito nang maraming beses? Kung hindi pa ito nagagawa nang maraming beses ng isang tao, hindi ba't ginagawa siya nitong manhid? Hindi kailanman mapapansin ng gayong tao na siya ay tiwali, at naniniwala pa rin siya na maayos siyang gumagawa, na may kakayahan at talento siya, na nauunawaan niya ang maraming katotohanan, at na kaya niyang pangasiwaan ang maraming bagay nang naaayon sa mga prinsipyo, nakakaramdam ng lubos na kapanatagan—ang gayong tao ay manhid, sa tingin niya ay napakagaling niya, at ito ay napakamapanganib para sa kanya! Nakikita na ba talaga ninyo ngayon na napakaliit ng inyong tayog, na malayo pa kayo sa pagwawaksi ng inyong mga tiwaling disposisyon, at na nasa lugar pa rin kayo ng panganib? Ang mga tao na hindi naghahangad sa katotohanan ay walang ganitong pang-unawa, gayundin ang mga tao na walang gawain ng Banal na Espiritu. Karamihan sa mga tao ay nalilito at naguguluhan, iniisip na hangga't ginagawa nila ang kanilang tungkulin sa maayos na paraan at hindi sila gumagawa ng kasamaan, ay hindi nila tinatahak ang landas ng mga anticristo, at hangga't hindi sila gumagawa ng lahat ng uri ng kasamaan ay hindi sila mga anticristo. Dahil dito, kadalasan sila ay nasa kalagayan ng pagiging manhid, madalas na nalulugod sa kanilang sarili, iniisip na mahusay sila at malapit na nilang matamo ang kaligtasan, at na ang landas ng mga anticristo ay walang kinalaman sa kanila. Ang inyong pang-araw-araw na mga panalangin ay magagamit para sukatin kung nasa ganitong kalagayan ka ba o wala. Ano ang ipinagdarasal ninyo kapag lumalapit kayo sa Diyos araw-araw? Kung araw-araw ay sinasabi mong, “O Diyos, mahal Kita! O Diyos, handa akong magpasakop sa Iyo! O Diyos, handa akong tuparin ang atas na ibinigay Mo sa akin! Kaya kong gawin ang tungkulin ko nang tapat, at may determinasyon akong bigyang-kasiyahan Ka at maperpekto Mo. Anuman ang mga pagpapamalas ng anticristo na tinataglay ko o gaano man kaliit ang pagkakakilala ko sa aking sarili, mahal Mo pa rin ako at nais Mo pa rin akong iligtas,” anong pagpapamalas ito? Ito ay pagiging manhid, nagpapahayag lang kayo ng determinasyon, at wala kayong kahit anong pagkaunawa sa inyong sariling kalikasang diwa. Nasa yugto kayo ng kasigasigan, at napakalayo pa ninyo sa pagkakaroon ng katotohanang realidad. Gaano kahabang panahon ang lumilipas bago kayo makapagdasal ng isang tunay na panalangin, para sabihin sa Diyos kung ano ang nasa inyong puso, para sabihin sa Kanya ang inyong aktuwal na sitwasyon, para

madama ang kapayapaan at kagalakan sa inyong puso, at para madama na kayo ay tunay na nabubuhay sa harap ng Diyos? Sabihin ninyo sa Akin, gaano kahabang panahon ang lumilipas bago ninyo ito magawa nang isang beses? Isang buwan, dalawang buwan, anim na buwan, o isang taon? Kung hindi pa kayo kailanman nakasambit ng isang tunay na panalangin at nagdarasal pa rin kayo tulad ng ginagawa ng mga tao sa mundo ng relihiyon, palaging sinasabi na mahal ninyo ang Diyos, palaging ipinapahayag ang inyong determinasyon, palaging isinasambit ang parehong mga nakasanayang parirala, kung gayon, masyado kayong nagkukulang at wala kayong anumang katotohanang realidad. Karaniwan, ang mga taong tatlo o limang taon nang nananampalataya sa Diyos ay hindi nagsasabi ng gayong kaisip-bata at kamangmang na mga bagay kapag lumalapit sila sa Diyos, dahil sigurado silang susundan nila ang Diyos, at may pananalig din sila, at malinaw na nilang nauunawaan ang mga katotohanan ng mga pangitain tungkol sa gawain ng Diyos, sa mga layunin ng Diyos, sa plano ng pamamahala ng Diyos, at sa layon ng gawain ng Diyos. Ano ang madalas nilang ipinagdarasal kapag lumalapit sila sa Diyos? Ang isa ay ang makilala nila ang kanilang sarili, at ang isa pa ay ang makapagsalita sila ng ilang tunay na salita: O Diyos, may kaunting paghihirap ako ngayon, may nagawa akong pagkakautang sa Iyo, nagkukulang ako sa isang bagay, at hinihingi kong protektahan Mo ako, at na akayin, bigyang-liwanag, at tanglawan Mo ako. Nagsisimulang magsabi ng ilang talagang totoong bagay na nauugnay sa katotohanang realidad ang taong ito, at hindi na siya nagsasabi ng mga pagpapahayag ng kapasyahan at mga islogan na sinasabi ng masisigasig na taong nagsisimula pa lang manampalataya. Bakit hindi niya sinasabi ang mga bagay na ito? Pakiramdam niya ay walang saysay na sabihin ang gayong mga bagay, na hindi matutugunan ng gayong mga bagay ang kanyang panloob na pangangailangan para sa katotohanan o ang kanyang pangangailangan para sa buhay pagpasok. Kahit gaano karaming taon ka nang nananampalataya, iniraraos mo man o taos-puso ka mang lumalapit sa Diyos kapag nagdarasal sa Kanya, gaano karaming araw sa sampung araw mo sinasabi ang mga hungkag na salita at mga paulit-ulit na linyang iyon? May isang tao na maaaring magsabing isang araw, kung gayon, ano ang dinarasal niya sa nalalabing siyam na araw? Kung nauugnay ang mga panalangin niya sa kanyang tungkulin at buhay pagpasok, ayos iyon, at ipinapakita nito na umaako siya ng ilang pasanin tungo sa katotohanan, tungo sa mga salita ng Diyos, at tungo sa sarili niyang tungkulin, at hindi na siya masyadong manhid. Ano ang ibig Kong sabihin sa “hindi na siya masyadong manhid”? Ang ibig Kong sabihin ay na kapag nababanggit ang mga bagay na may kaugnayan sa mga tiwaling disposisyon at sa iba’t ibang kalagayan ng mga tao, may nararamdaman at may kamalayan siya, at nakakaunawa rin siya. Nagagawa niyang magkamit ng pagkaunawa at pagka-arok, at nauunawaan niya ang mga bagay na ito paano man ito ipaliwanag at halos nakaaayon siya sa mga ito—ipinakikita nito na nagkamit siya ng kaunting tayog. Ano-anong pagpapamalas ang ipinapakita ng mga manhid na tao? Araw-araw ay namumuhay sila nang ganoon, hindi nagsusumikap at hindi umuunlad, at iyon ang dahilan kung bakit

palagi nilang sinasabi ang parehong mga lumang bagay kapag nagdarasal sila sa Diyos. Hindi talaga nila nauunawaan ang buhay pagpasok, wala silang espirituwal na pang-unawa, wala silang nararamdaman, wala silang reaksiyon gaano man karami ang pakinggan nilang sermon, at kahit paano man ibinabahagi ang katotohanan, pakiramdam nila ay paulit-ulit at magkakapareho lang ang ibig sabihin ng lahat. Kaya, may masasabi ba sila sa Diyos? Nakasalalay ang idinarasal at sinasabi ng mga tao kapag lumalapit sila sa Diyos sa mga salita sa kanilang puso na gusto nilang sabihin sa Diyos, at pakiramdam nila ay talagang kailangan nilang sabihin ang mga bagay na ito sa Diyos. Sa iyong puso, dapat kahit papaano ay may pang-unawa ka sa mga hinihingi ng Diyos, sa mga problemang kinakaharap mo, at sa kung paano mo dapat tugunan ang mga hinihingi ng Diyos. Kung walang laman ang iyong puso, at ang magagawa mo lang ay ang magsabi ng ilang salitang kaaya-ayang pakinggan at ng ilang islogan at doktrina, at nagdarasal ka lang nang pabasta-basta, hindi iyon panalangin. Kung nanumpa ka ng iyong katapatan noong lahat ng taon na iyon subalit wala ka man lang nagawang anumang praktikal na bagay, at sa huli ay malamang na ipagkakanulo mo pa rin ang Diyos, itatanggi ang Diyos, at aatras ka anumang oras, nagpapakita ito na wala kang tayog. Kung, kapag lumapit kayo sa Diyos para magdasal ngayon, kadalasang mapapanatili ninyong may kinalaman ang ugnayan ninyo sa Diyos sa mga hinihingi Niya at sa inyong sariling pagbabagong disposisyonal, kung gayon ay maitatatag na ang iyong relasyon sa Diyos, hindi mo susundan ang landas ng isang anticristo, at nangangahulugan itong makakatahak ka na sa tamang landas ng pananalig sa Diyos.

Malinaw na ba sa inyo ngayon ang iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo na itinataas at pinatotohanan ang kanilang sarili, gayundin ang mga depinisyon ng kalikasan ng gayong pag-uugali? Mayroon bang anumang pagkakaiba sa pagitan ng mga pagpapamalas ng mga anticristo at ng mga pagpapamalas ng mga tiwaling disposisyon ng mga ordinaryong tao? Magagawa ba ninyong magkumpara kapag tunay na kayong nakahaharap sa isang isyu? Maituturing ba ninyo ang mga pagpapamalas ng mga anticristo bilang mga pagpapamalas ng mga ordinaryong tiwaling tao, at kabaligtaran? Paano ninyo dapat tukuyin ang pagkakaiba ng dalawang bagay na ito? Ang paghuhusga sa disposisyon ng isang tao sa pamamagitan ng patuloy niyang pagpapamalas at pagbubunyag at ang paghuhusga sa kanyang diwa mula sa kanyang disposisyon ay isang tumpak na paraan para ilarawan siya. Hindi tinatanggap ng mga anticristo ang katotohanan at hindi nila dinadakila ang Diyos; itinataas at pinatotohanan lang nila ang kanilang sarili. Ang pagpapamalas na ito ay lubos na halata at kitangkita, at ganap itong pinangingibabawan ng kanilang satanikong kalikasan. Bagaman itinataas at pinatotohanan din ng mga ordinaryong tao ang kanilang sarili, kapag nakikipagbahaginan ka ng katotohanan sa kanila, nagagawa nilang tanggapin ito at kilalanin na ang Diyos ay katotohanan, at kaya nilang tanggapin ang katotohanan, iyon nga lang ay hindi napakabilis o napakadaling nangyayari ang pagbabago para sa kanila—ito ang pagkakaiba sa pagitan ng mga anticristo at ng mga ordinaryong tao.

Ngayong nasabi na ito, nagiging madali na ba ang pagkilatis sa pagitan nila? May katangian ang mga anticristo: Kapag hindi nila minamahal ang katotohanan o tinatanggihan nila ang katotohanan, direkta ba nilang itinatangi ito? (Hindi.) Anong kaparaanan ang ginagamit nila para tanggihan ang katotohanan para makita mong hindi nila kinikilala ang katotohanan? Gumagamit sila ng sopismo para pabulaanan ka, sinasabi na ang iyong ibinabahagi ay hindi ang katotohanan, at na ang ibinabahagi lang nila ang katotohanan. Halimbawa, nagpapatotoo sila sa kanilang sarili at may naglantalad sa kanila, at pagkatapos, aling mga pagpapamalas ang ipinapakita nila na nagbibigay-daan sa iba na pagtibayin na hindi nila minamahal o tinatanggi ang katotohanan? Ang paggamit ng sopismo at pagsisikap na ipagtanggol ang kanilang sarili ay isa, at mayroon ding pagtatago sa katunayan, at ang pagtatagong iyon ang nagsisilbi sa kanilang adyenda. Ang adyenda nila ay ang magpatotoo sa kanilang sarili para tingalain sila ng iba. Hindi nila ipapaalam sa iyo ang kanilang adyenda; magsasabi lang sila ng mga huwad at kasiya-siyang bagay, gagamit ng sopismo, lolokohin ka nila, lilituhin ka, para sa huli ay masabi mong hindi sila nagpapatotoo sa kanilang sarili, at pagkatapos ay makakamit nila ang kanilang pakay. Nagsasalita sila ng mga huwad at kasiya-siyang bagay, gumagamit ng sopismo, nanloloko ng mga tao, hindi nila kinikilala na nagpapatotoo sila sa kanilang sarili, hindi nila tinatanggi ang iyong paglantalad sa kanila, hindi nila tinatanggi ang pagsaway mo, mas hindi nila tinatanggi ang makatotohanang paglalarawang ito. Hindi talaga nila ito tinatanggi, at nagdadahilan pa nga, sinasabi na, “Hindi ako nagpapatotoo sa aking sarili. May dahilan at konteksto sa pagsasabi ko ng ganoon. Ang pagsasabi ng ilang hindi naaangkop na mga bagay sa sitwasyong iyon ay ganap na normal at hindi isang problema. Maituturing ba itong pagpapatotoo sa aking sarili? Higit pa rito, ginawa ko na ang lahat ng gawaing ito, at kahit na wala akong anumang nakamit, nagtiis pa rin ako ng hirap. Hindi isang malaking bagay kung tinitingala at sinasamba ako ng ilang tao.” Hindi nila iniisip na ang gayong kahiya-hiyang pag-uugali, ang gayong kasuklam-suklam na kilos, ay isang malaking bagay—ito ba ay saloobin ng pagtanggap sa katotohanan? Hindi sila nakakaramdam ng kahihiyan dahil sa masasamang gawa na ito, at iniisip pa nilang dakila ang kanilang sarili—ito ang diwa ng masasamang tao. Naniniwala ang mga anticristo na ang pagtataas at pagpapatotoo sa kanilang sarili ay ganap na naaangkop at na ito ang dapat nilang gawin. Iniisip nila na, “Ginagawa ko ito dahil may ganito akong kapabilidad—karapat-dapat ba ang ibang mga tao na gawin ito? Nakamit ko ang suporta ng lahat, naggugol ako ng labis na pagsisikap sa paggawa ng gawain ng iglesia, nakagawa ako ng napakalaking kontribusyon sa sambahayan ng diyos at nag-ako ako ng napakalaking panganib! Makatarungan ba kung hindi mo ako bibigyan ng gantimpala at benepisyo? Hindi ba’t matuwid ang diyos? Hindi ba’t ginagantihan niya ang bawat tao ayon sa kanilang mga kilos? Kung gayon, hindi ba’t karapat-dapat ako sa suporta ng lahat dahil sa paggawa sa lahat ng kontribusyong ito at pag-ako sa lahat ng panganib na ito?” Iniisip nilang dapat silang makakuha ng kapalit sa paggawa sa kanilang tungkulin, at na ang pinakamababang gantimpala dapat ay ang suporta ng lahat at ang

pagtatamasa ng katapatan, karangalan, at mga benepisyong nararapat sa kanila. Isa ba itong saloobin ng pagtanggap sa katotohanan? (Hindi.) Kaya, ano ang katotohanan dito? Halimbawa, sinasabi mo sa kanila na, “Gaano man sila nagdurusa, ang mga tao ay mga nilikha, at dapat silang magdusa dahil mayroon silang mga tiwaling disposisyon. Ang pagdurusa habang ginagawa ang tungkulin ng isang tao ay isang paraan lang kung saan nagdurusa ang mga tao. Gaano man tayo kahusay o anumang mga kaloob ang tinataglay natin, hindi tayo dapat mag-aasam ng anumang gantimpala o sumubok na makipagkasunduan sa Diyos.” Hindi ba’t ito ang katotohanan? Ito ang pinakabatayan na katotohanan na dapat maunawaan ng mga nilikha. Gayumpaman, matatagpuan ba ang katotohanang ito sa kanilang mga pilosopiya para sa mga makamundong pakikitungo, at sa kanilang mga kaisipan at pananaw? (Hindi.) Tinatanggap ba nila ang katotohanang ito kapag naririnig nila ito? Hindi, hindi nila ito tinatanggap. Ano ang kanilang saloobin? Naniniwala sila na ang pananatili sa sambahayan ng Diyos ay tulad ng pananatili sa mundo, na dapat silang gantimpalaan nang naaayon sa kanilang paggawa, na dapat silang makakuha ng isang bagay para sa paggampan sa kanilang tungkulin, at na kung sila ay mag-aako ng kaunting panganib, dapat silang tumanggap ng mga benepisyo at biyaya na karapat-dapat sa kanila. Ang paggampan ng isang tao ng tungkulin ay responsabilidad at obligasyon ng bawat tao, at walang kasamang kabayaran ito. Tinatanggap ba ng mga anticristo ang katotohanang ito? Ano ang kanilang saloobin? Mapanlait at lumalaban sila, sinasabi na, “Kayong mga tanga, maging ito ay tinatanggap ninyo! Iyan ba ang katotohanan? Hindi iyan ang katotohanan; panloloko lang iyan sa mga tao. Ang pagiging patas at pagkakapantay-pantay ng mga tao—iyan ang katotohanan!” Anong uri ng bagay ito para sabihin? Ito ang lohika at ang maling pananampalataya at maling kaisipan ni Satanas. At maililihis ba ng mga ito ang mga hindi nakakaunawa sa katotohanan? Madali silang maililihis ng mga ito! Ang ilang tao ay mahihina, hindi nila nauunawaan ang mga katotohanang may kaugnayan sa paggampan ng tungkulin ng isang tao, at kulang sila sa kakayahan at abilidad na umarok, at wala silang gaanong pananalig, at kapag nakakarinig sila ng gayong mga bagay, pakiramdam nila ay may ganap na katuturan ang mga ito, at iniisip nila na, “Oo nga naman. Paano ako naging sobrang tanga? Sa wakas ay nakatagpo ako ngayon ng isang taong nakakaunawa. Tama ang sinasabi nila!” Ang mga taong ito ay nakikinig lang at tumatanggap ng mga bagay na mukhang makatwiran at naaayon sa kanilang mga kuru-kuro; hindi nila hinaharap ang mga salita ng Diyos nang naaayon sa prinsipyo na ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan. Alinsunod man ang mga salita ng Diyos sa damdamin ng mga tao, sa pag-iisip at lohika ng mga tao, sa mga kaugalian at gawi o tradisyonal na kultura ng mga tao, pinal ang mga salita ng Diyos, at bawat salita ng mga ito, mula sa simula hanggang sa katapusan, ay katotohanan. Hindi kinakailangan ng mga salita ng Diyos ang sinuman para kuwestiyunin o suriin ang mga ito, at pinaniniwalaan mang tama o mali ng sangkatauhan ang mga ito, o kung matatanggap man ng sinuman ang mga ito, ang mga salita ng Diyos ay walang-hanggang katotohanan. Ang mga salita ng Diyos

ay hindi kinakailangang pumasa sa pagsubok ng panahon, at hindi kinakailangan ang sangkatauhan para patunayan ang mga ito sa pamamagitan ng karanasan—ang mga salita ng Diyos ay katotohanan. Ito ba ang iniisip ng mga anticristo? Iniisip nila na, “Dapat maging makatwiran ang diyos! Ano ang ibig sabihin ng pagiging matuwid ng diyos? Hindi ba’t ang mga nagdurusa nang labis at may mataas na kapabilidad ang nakatatanggap ng malalaking gantimpala, at ang mga nagdurusa nang kaunti, hindi gaanong mahusay, at hindi nakapag-aambag ang tumatanggap ng kaunting gantimpala?” Sinasabi ba ito ng Diyos? (Hindi.) Hindi ito sinasabi ng Diyos. Ano ang sinasabi ng Diyos? Sinasabi ng Diyos na ang paggampan ng tungkulin ng isang tao ay bokasyon ng bawat tao, na ang paggampan ng kanyang tungkulin ay may mga kaakibat na sarili nitong prinsipyo, na dapat gampanan ng lahat ang kanilang tungkulin alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo, at na ito ang dapat gawin ng mga nilikha. May binanggit bang anuman tungkol sa kabayaran dito? Anumang pagbanggit ng gantimpala? (Wala.) Walang binanggit na kabayaran o gantimpala—ito ay isang obligasyon. Ano ang ibig sabihin ng “obligasyon”? Ang obligasyon ay isang bagay na dapat gawin ng mga tao, isang bagay kung saan hindi naaangkop ang mabigyan ng gantimpala nang ayon sa paggawa ng isang tao. Hindi kailanman itinakda ng Diyos na ang sinumang gumagampan ng maraming tungkulin ay dapat tumanggap ng malaking gantimpala, at na ang sinumang hindi gaanong gumagampan ng kanilang tungkulin o gumagampan nito sa paraang hindi mabuti ay dapat tumanggap ng kakaunting gantimpala—hindi kailanman sinabi ng Diyos ang gayong bagay. Kaya, ano ang sinasabi ng mga salita ng Diyos? Sinasabi ng Diyos na ang paggampan ng tungkulin ng isang tao ay ang bokasyon ng bawat tao at ito ay isang bagay na dapat gawin ng mga nilikha—ito ang katotohanan. Ganito ba ang pagkakaunawa ng mga anticristo? Paano nila tinatrato ang mga salitang ito ng Diyos? Tatratuhin nila ang mga ito sa ibang paraan. Mula sa perspektiba ng sarili nilang mga interes, magkakaroon sila ng isang baluktot na interpretasyon sa mga salita ng Diyos. Para maging tumpak, binabaluktot nila ang mga salita ng Diyos, ginagamit ang sarili nilang mga kaparaanan at pagkaunawa para baguhin ang mga salita at katotohanan ng Diyos sa ibang interpretasyon. At ano ang kalikasan ng gayong interpretasyon? Ito ay kapaki-pakinabang sa kanila, maaari nitong ilihis ang mga tao, at maaari nitong pukawin at akitin ang mga tao. Binabago nila ang mga salita ng Diyos sa kanilang paraan ng pananalita, na para bang ang mga ito ay mga katotohanan na kanilang ipinahahayag, at pagkatapos sabihin ng Diyos ang isang bagay, kailangan nilang baguhin ang paraan ng pagsasabi nito ng Diyos at ang mga prinsipyo ng mga salita ng Diyos sa kanilang sariling paraan. Ito pa rin ba ang katotohanan pagkatapos nila itong baguhin sa sarili nilang paraan? Hindi, hindi ito ang katotohanan—ito ay isang maling kaisipan at maling pananampalataya. Magagawa ba ninyong kilatisin ang bagay na ito? (Oo, medyo.) Pagkatapos makinig sa napakaraming sermon, may ilang tao na nagkamit ng kaunting pagkakilatis. At ano ang diwa ng pagsalungat at pagtanggì ng mga anticristo sa katotohanan? (Ito ay pagbabaluktot at pagkakaroon ng balikong interpretasyon sa mga salita ng Diyos.) At

ano ang intensyon nila sa pagbabaluktot at pagkakaroon ng isang balikong interpretasyon sa mga salita ng Diyos? Ito ay para hindi tanggapin ng mga tao ang katotohanan at sa halip ay tanggapin ang kanilang mga panlilinlang at maling pananampalataya. Binabaluktot nila ang katotohanan ayon sa kanilang kaisipan at lohika, kanilang mga interes at pananaw, at kanilang mga kuru-kuro. Nagiging kapaki-pakinabang ito sa kanila, at nagagawa rin nilang pukawin at iligaw ang ilang taong hangal at mangmang, at ang hindi nakakaunawa sa katotohanan. Marahil ay tila tama ang mga salitang ito sa iyo sa unang pandinig mo, subalit kung susuriin mong mabuti ang mga ito, matatagpuan mo ang mga ambisyon at pakana ni Satanas na nakatago sa loob ng mga ito. Ano ang layunin ng kanilang mga ambisyon at pakana? Ang layunin nila ay para makinabang sila, para maipagtanggol ang sarili nilang mga paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay at ang pag-uugali nila, para himukin ang mga tao na gumawa ng isang mabuting pagtatasa sa kanila, para baguhin ang kanilang pangit at masamang pag-uugali tungo sa tamang pag-uugali at mga paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay na alinsunod sa katotohanan. Sa ganitong paraan, naniniwala silang hindi sila tatanggihan ng mga tao, at hindi sila kokondenahin ng Diyos. Marahil ay maililihis nila ang iba para hindi sila tanggihan ng mga tao, pero mapipigilan ba nila ang Diyos na kondenahin sila? Mababago ba ng tao ang diwa ng Diyos? (Hindi.) Dito pinakamangmang ang mga anticristo. Gusto nilang gamitin ang galing nila sa pagsasalita at ang “matalinong utak” nila para mag-isip ng kung anong panlilinlang at maling pananampalataya para baluktutin ang katotohanan upang patatagin ang kanilang pahayag, at sa gayon ay matanggihan ang mga pagbigkas ng Diyos at maitatwa ang pag-iral ng katotohanan—hindi ba’t sila itong nag-iisip nang mali? Makakamit ba nila ang pakay nila? (Hindi.) Tinatanong ng ilang tao kung ano ang maaaring gawin kapag inililihis ng isang anticristo ang ilang tao. Kung ang gayong mga tao ay talagang nailihi at hindi nagawang makapagbago ng landas, nangangahulugan ito na sila ay mabubunyag at ititiwalag, at nararapat lang iyon. Ito ay ang kanilang pagkapahamak at pagkabigong makatakas; nakatadhana silang mamamatay, at hindi kailanman pinlano ng Diyos na iligtas ang mga taong katulad nila. Pumapasok sila sa iglesia habang nagpapanggap at gumagampan ng ilang trabaho at nagtatamasa ng ilang biyaya, at kapag ayaw na sa kanila ng Diyos, ibinibigay sila ng Diyos kay Satanas. Nagkataon lang na nakarinig sila ng isang maling pananampalataya at panlilinlang, at nang marinig nila ito ay pumalakpak sila at sinang-ayunan ito, at pagkatapos ay umalis na sila at sumunod kay Satanas. Ano ito? Ito ay paggamit kay Satanas para magserbisyo. May isang talata sa Aklat ng Pahayag na nagsasabing, “Ang siyang di-matuwid, ay hayaang manatiling di-matuwid: at ang marumi, ay hayaang magpakarumi pa: at ang matuwid, ay hayaang magpakatuwid pa: at ang banal, ay hayaang magpakabanal pa” (Pahayag 22:11). Nangangahulugan ito na ibinubukod-bukod ang mga tao ayon sa kanilang uri. Pagdating sa mga taong sumusunod sa mga anticristo, ito ba ay panandaliang kawalang-ingat sa kanilang bahagi? Dahil ba ito sa hindi nagbabantay ang Diyos? Itinadhana silang mamamatay! Pagkatapos makihalubilo sa gayong mga tao sa loob ng

ilang panahon, makikita mo na hindi sila karapat-dapat na iligtas—lubos silang walang kuwenta! Batay sa kanilang karakter at sa paghahangad nila sa katotohanan, ang kanilang kalikasan ay buktot at tutol sa katotohanan, at hindi sila karapat-dapat na mailigtas, hindi sila karapat-dapat na magmana ng gayong napakalaking biyayang mula sa Diyos. Kung hindi ibibigay sa kanila ng Diyos ang biyayang ito, sadyang hindi nila ito matatanggap, kaya ang pinakatumpak na paraan ng pagbubuod sa kanila sa dalawang salita ay “nakatadhanang mamatay.”

Ang pagtataas at pagpapatotoo sa kanilang sarili ay ang pangunahing pagpapamalas ng mga anticristo, at ang paglalarawan sa kanilang diwa alinsunod sa pagpapamalas na ito ay napakaangkop at kongkreto—hindi ito isang hungkag na paglalarawan. Sa pagtingin sa kanilang mga adyenda, mga ambisyon, mga pagbubunyag ng kanilang diwa, at ang di-nagbabagong layunin ng kanilang mga pagkilos, makikita ng isang tao na ang pagtataas at pagpapatotoo sa kanilang sarili ay isang katangiang pagpapamalas ng mga anticristo. May mga anticristo ba na hindi kailanman nagtataas at nagpapatotoo sa kanilang sarili? (Wala.) Bakit wala? Dahil napakalaki ng kanilang mga ambisyon at pagnanais, at hindi nila makontrol ang mga ito. Kahit anong grupo ng mga tao pa ang kasama nilang naninirahan, kung walang nagtataas at sumasamba sa kanila, pakiramdam nila ay walang halaga o kahulugan ang buhay, kaya naman sabik na sabik silang itaas at patotohanan ang kanilang sarili para makamit ang kanilang mga layunin. Nabubuhay sila para higitan ang iba, at nangangailangan ng mga tao na sumasamba at sumusunod sa kanila, at kahit na ang mga taong iyon ay tulad ng mga nakakainis at nakakasuklam na langaw o mga grupo ng mga pulubi, ayos lang sa kanila. Hangga’t may mga taong sumasamba at sumusunod sa kanila, panatag sila. Kung makakatanggap sila ng masigabong palakpakan mula sa mga tagahanga tulad ng sa mga sikat na mang-aawit, magiging sobrang saya nila, gustong-gusto nilang tinatamasa iyon—ito ang kalikasan ng mga anticristo. Anumang uri ng mga tao ang sumusunod o sumasamba sa kanila, gusto ng mga anticristo ang lahat ng iyon. Kahit na ang mga taong sumusunod sa kanila ay ang lubos na walang kuwenta at kasuklam-suklam, kahit na ang mga iyon ay mga hayop, hangga’t itinataas sila ng mga ito at tinutugunan ang kanilang mga ambisyon at mga pagnanais para sa katayuan, ayos lang sa mga anticristo. Kaya, makakaya bang pigilan ng mga anticristo ang kanilang sarili sa pagtataas at pagpapatotoo sa kanilang sarili, at pagpapasikat saanman sila magpunta? (Hindi.) Ito ang kanilang diwa. Sabihin ninyo sa Akin, anong uri ng mga tao ang mga tunay na sumusunod sa Diyos? Sa sangkatauhan, may isang uri ng tao na gustong piliin at iligtas ng Diyos, at ang mga taong ito ay may pinakamababang antas ng konsensiya, katwiran, at kahihiyan. Iyong mga medyo mas mabuti kaysa rito ang may kakayahang magmahal sa katotohanan, magmahal sa mga positibong bagay, at magmahal sa pagiging patas at pagiging matuwid ng Diyos; kaya nilang kamuhian ang kabuktutan, nagagalit sila kapag nakakikita sila ng hindi makatarungan o buktot na mga bagay, at kahit na wala silang magawa sa mga bagay na ito, namumuhi pa rin sila sa mga ito—ito ang mga taong gusto

ng Diyos, sa pinakamababa. Para sa mga hindi nagtataglay ng pagkatao at diwang ito, hindi sila gusto ng Diyos, gaano man sila magsalita tungkol sa kabutihan ng Diyos o sa kung gaano kadakila ang Diyos. Halimbawa, ang mga Pariseo sa relihiyon ay dumadakila sa Diyos at nagpapatotoo sa Diyos gamit ang magkakatulad na luma at hungkag na mga teorya at mabababaw na salita, at hindi sila nagsasawang sabihin ang mga ito kahit pagkatapos ng dalawang libong taon. Ngayon ay nagpapahayag ang Diyos ng napakaraming katotohanan subalit hindi nila nakikita ang mga ito, hindi nila pinapansin ang mga ito, at ang ilan ay kinokondena pa nga at nilalapastangan ang mga ito. Ganap silang ibinubunyag nito, at matagal na silang inilarawan ng Diyos bilang mga mapagpaimbabaw na Pariseo, lahat sila ay bahagi ng grupo ni Satan; inilarawan sila ng Diyos bilang mga demonyo at mga Satan, mga baboy at aso. Kapag dumarating ang mga anticristo sa gayong grupo ng mga tao at nakikita na kakaunti sa mga iyon ang nakakaunawa sa katotohanan, na wala sa mga iyon ang may anumang pagkilatis o talento, nagmamadali silang samantalain ang pagkakataong ito para magpasikat. Ipinagyayabang ng ilan na minsan silang sabay na natanggap sa dalawang world-class na mga unibersidad, at hindi nagpunta sa huli dahil nagsimula silang manampalataya sa Diyos at tumanggap sa Kanyang atas. Pagkatapos na marinig silang sabihin ito, may ilang tao ang nagsisimulang tingalain sila. Kung hindi mo nauunawaan ang katotohanan, at kung ang mga bagay na minamahal mo at ang iyong pananaw sa mundo ay katulad ng sa mga makamundong tao, sasambahin mo ang mga taong tulad nito, at iyon ang dahilan kung bakit kapag nagsasalita ang mga anticristo ng gayong mga bagay, maililihis at maloloko ka nila. Palihim na itinataas ng mga anticristo ang sarili nila sa ganitong paraan, at ang mga hangal na tao na iyon na walang pagkilatis ay naililihis nila. Nauuwi sa pagkaramdam ng sobrang kasiyahan ang mga anticristo, iniisip na walang sinuman sa ilalim nila ang ordinaryo, gayong ang katunayan ay ang mga taong iyon ay pawang isang grupo lang ng mga gulong-gulo at walang-kuwentang tao. Iyong mga walang abilidad na makaarok sa katotohanan ay maaaring mailihis lahat ng mga Satan at ng mga anticristo. Kapag naririnig nilang nagsasalita ang mga Satan at ang mga anticristo, pakiramdam nila ay talagang tumutugma ito sa sarili nilang mga kaisipan at panlasa, kaya't nasisiyahan silang makinig dito. Hindi nila kayang gumamit ng normal na pag-iisip para gumawa ng paghusga tungkol sa kung ano ang pinakikinggan nila, at hindi rin sila maghahanap ng isang taong nakakaunawa sa katotohanan para tulungan silang kilatisin ang gayong mga bagay; hangga't sa palagay nila ay tila makatwiran ang pinakikinggan nila, maluwag sa loob nilang tatanggapin ito, at sa gayon ay naililihis sila nang hindi man lang nila namamalayan. Kung naririnig ng mga may abilidad na makaarok sa katotohanan at may pagkilatis na magsalita ang mga anticristo, malalaman nila na sinusubukan ng mga taong iyon na ilihis ang iba at tatanggihan nila ang mga iyon. Ang mga naguguluhang tao na walang pagkilatis ay maniniwalang ang mga anticristo ay may karunungan, may mahusay na kakayahan, at may mga kinabukasan. Makikita nila ang mga bagay sa ganitong paraan, at maililihis sila ng ilang mababaw na

penomeno; hindi nila malalaman kung ano ang mga katotohanang prinsipyo, at aalis sila para sundan ang mga Satanas. Hindi ba't ang gayong mga tao ang nagdudulot sa sarili nilang pagkawasak dahil sa kanilang kahangalan at kamangmangan? Ganito nga ito. Kung mayroon kang pagkilatis sa iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo na madalas na nagtataas at nagpapatotoo sa kanilang sarili, o sa iba't ibang paraan nila ng paggawa nito, at magagawa mong husgahan ang layunin at adyenda sa likod ng kanilang mga salita, magiging madali para sa iyo na makilatis ang diwa ng mga anticristo, at magagawa mo na silang tanggihan at isumpa kaagad, at hindi mo na sila kailanman makikitang muli. Bakit mo gagawin ito? Dahil kapag nakikita mong nagsasalita at kumikilos ang mga anticristo, mapopoot at mamumuhi ka sa kanila, masusuklam ka na parang tumitingin ka sa mga langaw at kakailanganin mo silang itaboy sa lalong madaling panahon. Samakatwid, kapag may pagkilatis ka na ng mga kilos at pag-uugali ng mga anticristo, dapat mo silang ilantad kaagad para makilatis sila ng iba, at pagkatapos ay patalsikin sila sa iglesia alinsunod sa mga prinsipyo. Mangangahas ba kayong gawin ito? Kung magagawa ito ng hinirang na mga tao ng Diyos, ipinakikita nito na lumago na ang tayog nila, at na kaya nilang magpakita ng pagsasaalang-alang sa layunin ng Diyos at mapangalagaan ang gawain ng sambahayan ng Diyos. Kapag nauunawaan ng hinirang na mga tao ng Diyos ang katotohanan at nagtataglay sila ng pagkilatis, hindi na magkakaroon ng katatayuan ang mga anticristo sa iglesia o sa sambahayan ng Diyos.

Anuman ang okasyon, hangga't may pagkakataon ang mga anticristo, magpapakitang-gilas sila at magpapatotoo sa kanilang sarili, at hangga't may mga tao na sumasamba sa kanila at tumitingin sa kanila nang may paghanga, inggit, at paggalang, magiging masaya sila—wala silang pakialam kung sino ang mga taong iyon. May mga hinihingi ba silang pamantayan mula sa mga taong sumusunod, sumasamba, at humahanga sa kanila? (Wala.) Mga hangal, mga may kakulangan sa pag-iisip, masasamang tao, o mga hindi mananampalataya man ang mga taong iyon, anong uri man ng mga tao sila, kabilang maging ang mga taong dapat paalisin at itiwag, hangga't ang mga taong iyon ay kayang sumunod, sumamba, at magdakila sa kanila, tinatanggap ng mga anticristo ang mga iyon, gustong-gusto nila ang mga iyon, at kinukuha nila ang loob ng mga taong iyon sa panig nila at pinoprotektahan ang mga iyon. Itinuturing ng mga anticristo ang mga taong iyon bilang kanilang mga tupa, bilang kanilang personal na pag-aari, at hindi nila pinahihintulutan ang sinuman na ilipat ang mga iyon, ilantad ang mga iyon, o pangasiwaan ang mga iyon. Gaano man sumipsip o magpalakas ang mga taong iyon sa mga anticristo, anumang nakakasuka at nakakasuyang bagay ang sabihin ng mga iyon, ikasisiyang lahat ito ng mga anticristo; ayos lang lahat ito sa mga anticristo hangga't binobola sila ng mga taong iyon. Ang lahat ng sinasabi at ginagawa ng mga anticristo ay para tingalain, gustuhin, at sundan sila ng ibang tao, at gaano man karaming masamang bagay ang gawin ng mga taong sumusunod sa kanila, hindi sisiyasatin ng mga anticristo ang mga ito, at wala silang pakialam gaano man katuso at kamapaminsala ang pagkatao

ng mga ito. Hangga't sinusunod at sinasamba sila ng mga taong iyon, magugustuhan ng mga anticristo ang mga iyon, at hangga't napananatili ng mga taong iyon ang kapangyarihan at katayuan ng mga anticristo, at hindi sila nilalabanan o sinasalungat, makakaramdam ng labis na kasiyahan ang mga anticristo—ganyan ang mga anticristo. Sa kabilang banda, paano tinatrato ng mga anticristo iyong mga taong laging naglalantad sa kanila at humahadlang sa kanila sa pagtataas at pagpapatotoo sa kanilang sarili, at humahamak sa kanila sa paggawa nito, gayundin ang mga nakikipagbahaginan ng katotohanan sa kanila, ang nakakakita sa diwa ng kanilang mga problema, at may tunay na pagkilatis sa kanila? Agad silang nagagalit dahil sa kahihiyan, at nag-iingat sila laban sa mga taong iyon, ibinubukod, at inaatake ang mga ito, sa wakas ay sinusubukan ang bawat posibleng paraan para ihiwalay iyong mga nakakikilatis at lumalaban sa kanila. Ano ang dahilan kung bakit nila ginagawa ito? Ito ay dahil kapag itinataas at pinatotohanan nila ang kanilang sarili, palagi nilang iniisip na ang mga taong iyon ay masakit sa mata at mga tinik sa kanilang tagiliran, at na kikilatisin at tatanggihan sila ng mga taong iyon, ilalantad sila, at sisirain ang magandang bagay na mayroon sila. Sa sandaling makita nila ang mga taong iyon, makakaramdam ang mga anticristo ng pagkabalisa sa kanilang puso at palagi nilang gustong pakitunguhan ang mga taong iyon, iniisip na basta't matatanggal nila ang mga taong iyon, kapag itinataas at pinatotohanan nilang muli ang kanilang sarili, walang sinuman ang maglalantad o hahadlang sa kanila, at walang pakundangan na silang makagagawa ng kasamaan. Ito ang prinsipyo kung saan kumikilos ang mga anticristo. Anuman ang uri ng mga tao na nambobola, pumupuri, o nagtataas sa kanila, alinsunod man ang sinasabi ng mga taong iyon sa mga katunayan, kahit na nagsasabi sila ng mga kasinungalingan, handa silang tanggapin ng mga anticristo, masisiyahan ang mga anticristo na makinig sa mga taong iyon, at magugustuhan nila ang mga taong iyon mula sa kaibuturan ng kanilang puso. Wala silang pakialam kung ano ang mga problema ng mga taong iyon, at kahit na matuklasan nila ang mga isyu sa mga taong iyon, itatago nila ang mga ito, pagtatakpan ang mga ito, at wala silang ibang pagsasabihan ng tungkol sa mga ito. Hangga't nasa tabi ng mga anticristo ang mga taong iyon, sinusundan at binobola sila, ikasisiya nila ito. Ganito ginagawa ng mga anticristo ang mga bagay-bagay. Kaya ba ninyong gawin ang mga bagay na ito na ginagawa ng mga anticristo? Halimbawa, sabihin nang mga lider at manggagawa kayo sa iglesia, mga taong may katayuan at posisyon sa hinirang na mga tao ng Diyos. Kung tinitingala ka ng mga kapatid, binobola ka, sumisipsip sila sa iyo, at madalas ka nilang pinupuri, sinasabing nagbibigay ka ng magagandang sermon, na maganda ang iyong hitsura, at na para sa kanila ikaw ang pinakamahusay na lider, ano ang mararamdaman mo? Makikilatis mo ba ang layunin sa likod ng kanilang mga salita? Matatanggihan at maiiwasan mo ba ang gayong mga tao? Kung hindi, nasa panganib ka. Malinaw na alam mong hindi ganoon kaganda ang hitsura mo, na hindi mo nagagawang magbahagi ng katotohanang realidad, subalit natutuwa ka pa rin kapag naririnig mong binobola ka ng mga tao sa ganitong paraan, at palagi mong ginugustong

mapalapit sa gayong mga tao at maitaguyod ang gayong mga tao—hindi ba't magkakaproblema ka niyan? Nangangahulugan itong nasa panganib ka.

Kapag nagtatrabaho ang mga lider at manggagawa, minsan ay nabibigyang-liwanag at natatanglawan sila ng Banal na Espiritu, makapagsasalita sila ng ilang tunay na karanasan, at natural na magkakaroon sila ng mga taong tumitingala at sumasamba sa kanila, natural na magkakaroon sila ng mga taong sumusunod sa kanila, na hindi maihihiwalay sa kanila tulad ng sarili nilang anino—sa mga panahong tulad nito, paano nila dapat harapin ang mga bagay na ito? Ang lahat ay may kanya-kanyang hilig, lahat ay banidoso; kung maririnig ng mga tao ang iba na nagsasalita nang may pagsang-ayon at papuri sa kanila, lubos silang masisiyahan. Isa itong normal na bagay na maramdaman at hindi isang malaking bagay. Gayumpaman, kung itataas nila ng ranggo ang sinumang kayang magbigay ng sobrang papuri sa kanila, at bobolahin sila, at inilalagay nila ang isang tulad nito sa isang napakahalagang katungkulan, mapanganib iyon. Ito ay dahil ang lahat ng mga taong mahilig mambola at labis-labis na pumupuri sa iba ay sobrang tuso at mapanlinlang, at hindi sila matapat o totoo. Sa sandaling magkamit ng katayuan ang gayong mga tao, wala silang pakinabang sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos o sa gawain ng iglesia. Ang mga taong ito ay tuso, at sila ang pinakamay-kakayahang guluhin ang mga bagay-bagay. Iyong mga taong medyo matuwid ay hindi kailanman nagbibigay ng labis-labis na papuri sa iba. Kahit pa sinasang-ayunan ka nila sa kanilang puso, hindi nila ito sasabihin nang malakas, at kung natuklasan nilang mayroon kang mga kapintasan o na nakagawa ka ng pagkakamali, ipapaalam nila ito sa iyo. Ang ilang tao, gayumpaman, ay ayaw ng mga prangkang tao, at kapag may nagsabi ng kanilang mga kapintasan o sinasaway sila, sinisikil at ibinubukod nila ang taong iyon, at gagamitin pa ang mga kapintasan at pagkukulang ng taong iyon para patuloy siyang husgahan at kondenahin. Sa paggawa nito, hindi ba't pinagmamalupitan at sinasaktan nila ang mabubuting tao? Ang paggawa ng mga bagay na tulad nito at pang-uusig sa gayong mabubuting tao ay mga bagay na pinakakinasusuklamang ng Diyos. Ang pang-uusig sa mabubuting tao ay isang napakasamang bagay na gawin! At kung ang isang tao ay umuusig sa napakaraming mabubuting tao, isa siyang diyablo. Dapat tratuhin ng mga lider at manggagawa ang lahat nang patas at may pagmamahal, at dapat nilang pangasiwaan ang mga bagay-bagay ayon sa prinsipyo. Lalo na kapag may mga taong nambobola at sumisipsip at umaali-aligid sa iyo, dapat mo silang tratuhin nang tama, tulungan sila nang may pagmamahal, at udyukan silang tuparin ang kanilang mga nararapat na gawain at hindi mambola ng mga tao tulad ng ginagawa ng mga walang pananampalataya; sabihin nang malinaw ang iyong posisyon at perspektiba, iparamdam sa kanila ang pagkapahiya at kahihiyan para hindi na nila ito ulitin. Kung kaya mong sundin ang mga prinsipyo at tratuhin nang patas ang mga tao, hindi ba't mapapahiya ang mga kasuklam-suklam na payasong ito na kauri ni Satanas? Mapapahiya nito si Satanas, at mapalulugod nito ang Diyos. Iyong mga mahilig mambola sa iba ay naniniwala na gusto ng lahat ng lider at manggagawa

ng mga taong nambobola sa kanila, at sa tuwing may nagsasabi ng anumang pambobola o paninipsip sa kanila, natutugunan ang kanilang banidad at pagnanais para sa katayuan. Hindi gusto ng mga taong nagmamahal sa katotohanan ang lahat ng ito, at labis nilang kinasusuklaman itong lahat at nasusuya sila sa lahat ng ito. Tanging ang mga huwad na lider lang ang nasisiyahang bolahin. Maaaring hindi sila pinapalakpakan o pinupuri ng sambahayan ng Diyos, subalit kung pinapalakpakan at pinupuri sila ng hinirang na mga tao ng Diyos, lubos silang nalulugod at labis nila itong ikinasisiya, at kalaunan ay nakakukuha sila ng kaunting pampalubag-loob mula rito. Mas ikinasisiya ng mga anticristo ang binobola, at ang bagay na pinakaikinasisiya nila ay kapag ang ganitong mga tao ay lumalapit sa kanila at umaali-aligid sa kanila. Hindi ba't problema ito? Ganito ang mga anticristo; gusto nila na may mga taong pumupuri at pumapalakpak sa kanila, sumasamba at sumusunod sa kanila, samantalang iyong mga naghahangad sa katotohanan at medyo matuwid ay ayaw ang anuman sa mga ito. Dapat kang maging malapit sa mga taong kayang makipag-usap nang totoo sa iyo; ang pagkakaroon ng mga taong tulad nito sa tabi mo ay lubos na malaking kapakinabangan sa iyo. Sa partikular, ang pagkakaroon ng gayong mabubuting tao sa paligid mo tulad ng mga iyon na, kapag natutuklasan nila ang isang problema sa iyo, ay may lakas ng loob na sawayin ka at ilantad ka, mapipigilan kang maligaw ng landas. Wala silang pakialam kung ano ang iyong katayuan, at sa sandaling matuklasan nilang gumawa ka ng isang bagay na labag sa mga katotohanang prinsipyo, sasawayin at ilalantad ka nila kung kinakailangan. Ang gayong mga tao lang ang matutuwid na tao, mga taong may pagpapahalaga sa katarungan. Gaano ka man nila ilantad at sawayin, ang lahat ng ito ay nakakatulong sa iyo, at ang lahat ng ito ay tungkol sa pangangasiwa sa iyo at pagtulak sa iyo pasulong. Dapat kang mapalapit sa gayong mga tao; nang may gayong mga tao sa tabi mo para tumulong sa iyo, magiging mas ligtas ka—ganito ang pagkakaroon ng pagprotekta ng Diyos. Ang pagkakaroon ng mga taong nakakaunawa sa katotohanan at nagtataguyod ng mga prinsipyo sa tabi mo araw-araw na nangangasiwa sa iyo ay lubhang kapaki-pakinabang sa paggawa mo ng iyong tungkulin at gawain nang maayos. Wala ka talaga dapat niyong mga tuso at mapanlinlang na mga tao na sumisipsip sa iyo at nambobola sa iyo bilang iyong mga katulong; ang pagkakaroon ng mga taong tulad nito na nakadikit sa iyo ay tulad ng pagkakaroon ng mababahong langaw sa iyo, malalantad ka sa napakaraming bakteryas at virus! Ang gayong mga tao ay malamang na guguluhin ka at makakaapekto sa iyong gawain, maaari silang maging sanhi ng pagkahulog mo sa tukso at pagkaligaw ng landas, at maaari silang magdala ng sakuna at kalamidad sa iyo. Dapat kang lumayo sa kanila, mas malayo ay mas mabuti, at kung makikilatis mo na mayroon silang diwa ng mga hindi mananampalataya at mapapaalis sila sa iglesia, mas mabuti. Kapag nakita ng isang matuwid na tao na naghahangad sa katotohanan na mayroon kang problema, sasabihin niya sa iyo ang katotohanan anuman ang iyong katayuan, anuman ang iyong magiging pagtrato sa kanya, at kahit na tanggalin mo pa siya. Hinding-hindi niya ito susubukang pagtakpan o ipaliligoy-ligoy. Sobrang kapaki-pakinabang na

magkaroon ng mas maraming tao na tulad nito sa paligid mo! Kapag gumawa ka ng bagay na labag sa mga prinsipyo, ilalantad ka nila, magbibigay sila ng mga opinyon sa iyong mga isyu, at tutukuyin nila ang iyong mga problema at pagkakamali nang deretsahan at matapat; hindi ka nila susubukang tulungang hindi mapahiya, at ni hindi ka nila bibigyan ng pagkakataong maiwasan ang kahihyan sa harap ng maraming tao. Paano mo dapat tratuhin ang gayong mga tao? Dapat mo ba silang pahirapan, o dapat kang maging malapit sa kanila? (Maging malapit sa kanila.) Tama iyan. Dapat mong buksan ang iyong puso at makipagbahaginan ka sa kanila, sinasabi na, “Tama ang isyung mayroon ako na tinukoy mo sa akin. Noong panahong iyon, napuno ako ng banidad at pag-iisip ng katayuan. Naramdaman kong naging lider ako sa loob ng maraming taon, subalit bukod sa hindi mo man lang sinubukang tulungan akong hindi mapahiya, kundi itinuro mo rin ang mga problema ko sa harap ng napakaraming tao, kaya’t hindi ko matanggap ito. Subalit, nakikita ko na ngayon na talagang salungat ang ginawa ko sa mga prinsipyo at sa katotohanan, at hindi ko dapat ginawa iyon. Ano ba talaga ang saysay ng posisyon ng lider? Hindi ba’t tungkulin ko lang ito? Lahat tayo ay gumagawa ng ating tungkulin at lahat tayo ay pantay-pantay sa katayuan. Ang pinagkaiba lang ay nagpapasan ako ng medyo mas maraming responsabilidad, iyon lang. Kung may matutuklasan kang anumang problema sa hinaharap, sabihin mo kung ano ang dapat mong sabihin, at hindi magkakaroon ng personal na sama ng loob sa pagitan natin. Kung magkaiba tayo sa ating pagkaarok sa katotohanan, maaari tayong magbahaginan nang magkasama. Sa sambahayan ng Diyos at sa harap ng Diyos at ng katotohanan, dapat tayong magkaisa, hindi magkakahiwalay.” Ito ay isang saloobin ng pagsasagawa at pagmamahal sa katotohanan. Ano ang dapat mong gawin kung gusto mong iwasan ang landas ng isang anticristo? Dapat kang magkusang maging malapit sa mga taong nagmamahal sa katotohanan, mga taong matuwid, maging malapit sa mga taong kayang tukuyin ang iyong mga isyu, na kayang magsalita ng totoo at sawayin ka kapag natutuklasan nila ang iyong mga problema, at lalo na sa mga taong kaya kang pungusan kapag natutuklasan nila ang iyong mga problema—ito ang mga taong pinakakapaki-pakinabang sa iyo at dapat mo silang pahalagahan. Kung ibubukod at aalisin mo ang gayong mabubuting tao, mawawala sa iyo ang pagprotekta ng Diyos, at unti-unting darating sa iyo ang sakuna. Sa pagiging malapit sa mabubuting tao at mga taong nakakaunawa sa katotohanan, magkakaroon ka ng kapayapaan at kagalakan, at maiiwasan mo ang sakuna; sa pagiging malapit mo sa mga taong ubod ng sama, mga walang-hiyang tao, at mga taong nambobola sa iyo, manganganib ka. Hindi ka lang madaling malililang at maloloko, kundi maaari pang dumating sa iyo ang sakuna anumang oras. Dapat malaman mo kung anong uri ng tao ang magiging pinakakapaki-pakinabang sa iyo—ito ang mga makakapagbabala sa iyo kapag may ginagawa kang mali, o kapag itinataas at pinatotohanan mo ang iyong sarili at nililigaw ang iba, na maaaring maging pinakakapaki-pakinabang sa iyo. Ang paglapit sa gayong mga tao ang tamang landas na dapat tahakin. Kaya ba ninyo ito? Kung may sinumang nagsasabi ng

isang bagay na sumisira sa iyong reputasyon at ginugugol mo ang natitirang bahagi ng iyong buhay na nagdaramdam sa kanya, sinasabi na, “Bakit mo ako inilantad? Hindi kita kailanman minaltrato. Bakit palagi mong ginagawang mahirap ang mga bagay-bagay para sa akin?” at nagtatanim ka ng sama ng loob sa iyong puso, nagbubukas ang isang lamat, at palagi mong iniisip na, “Ako ay isang lider, mayroon akong ganitong pagkakakilanlan at katayuan, at hindi kita pahihintulutang magsalita nang ganyan,” anong uri ng pagpapamalas ito? Ito ay hindi pagtanggap sa katotohanan at pagsalungat sa iba; medyo bingi ito sa katwiran. Hindi ba’t ito ang kaisipan mo ng katayuan na nag-uudyok ng gulo? Ipinapakita nitong masyadong malala ang iyong mga tiwaling disposisyon. Ang mga palaging nagkikimkim ng mga kaisipan ng katayuan ay mga taong may malalang anticristong disposisyon. Kung gumagawa rin sila ng kasamaan, napakabilis nilang maibubunyag at maititiwalag. Napakamapanganib para sa mga tao na tanggihan at hindi tanggapin ang katotohanan! Ang palaging pagnanais na makipagtagisan para sa katayuan at pagnanais na magpakasasa sa mga benepisyo ng katayuan ay mga palatandaan ng panganib. Kapag palaging pinipigilan ng katayuan ang puso ng isang tao, makapagsasagawa pa rin ba siya ng katotohanan at mapapangasiwaan ba niya ang mga bagay-bagay nang alinsunod sa prinsipyo? Kung hindi kayang isagawa ng isang tao ang katotohanan at palagi siyang kumikilos alang-alang sa katanyagan, kapakinabangan, at katayuan, at palaging ginagamit ang kanyang kapangyarihan sa paggawa ng mga bagay-bagay, hindi ba’t isa siyang halatang anticristo na nagpapakita ng kanyang tunay na kulay?

Ang gayong mga pagpapamalas tulad ng pagtataas at pagpapatotoo sa kanilang sarili ay ang mga pinakakaraniwang pagpapamalas ng mga anticristo. Maging ito ay sa pang-araw-araw na buhay man o sa paraan ng kanilang pakikisalamuha sa iba at pakikitungo sa mga bagay, o maging sa buhay iglesia man, ang mga pagpapamalas na ito ay palaging makikita, dahil ang mga pagpapamalas na ito ay ang mga pagbubunyag ng mga tiwaling disposisyon. Halimbawa, ang mga katotohanang may kaugnayan sa kung paano hinaharap ng isang tao ang kanyang tungkulin, kung paano niya tinatrato ang iba, at kung paano niya kinikilatis ang iba ay mga katotohanang tinalakay natin sa pagbabahaginan. Maaari kayang alam ninyo ang mga kongkretong pagpapamalas ng mga bagay na ito sa inyong ordinaryong buhay, subalit hindi ninyo nakikita ang mga ito bilang mga problema? O maaari kayang hindi pa kayo nagsimulang pumasok batay sa mga partikular na problemang ito? Kung hindi kayo magsisimula sa mga disposisyon, o kung minsan ay nagpapakita kayo ng mga pagpapamalas na ito subalit hindi ninyo alam kung disposisyonal na problema ba ang mga ito, kung kaya’t hindi ninyo pinapansin ang mga ito, kung gayon ay malayo pa kayo sa pagkamit ng pagbabagong disposisyonal. Kung bigo kang mapagtanto na ang mga pagpapamalas na ito ang iyong pagtataas at pagpapatotoo sa iyong sarili, kung hindi mo alam na ang mga pagpapamalas na ito ay pinamamahalaan ng iyong tiwaling disposisyon, at itinuturing mo ang mga ito bilang isang uri ng katangian ng personalidad o isang likas na paraan ng paggawa ng mga

bagay o kognisyon, at pinalalabas na maliit na bagay ang mga ito, at hindi mo itinuturing ang mga ito na mga pagbubunyag ng iyong tiwaling disposisyon at tiwaling diwa, mahihirapan kang baguhin ang kaugnay na tiwaling disposisyon. Ang maaaring mapagtanto ng mga tao na may kaugnayan sa mga disposisyon, ito man ay isang paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay o isang kalagayan na kanilang kinaroroonan, panlabas na pag-uugali man ito o kanilang pananalita at mga pahayag, mga kaisipan at pananaw man nila ito o pang-unawa nila sa isang partikular na bagay, hangga't ito ay nauugnay sa disposisyong diwa, dapat nilang palaging ituring ito bilang isang pagpapamalas o pagbubunyag ng kalikasang diwa ng tao, at sa ganitong paraan, hindi ba't lalawak ang kanilang pang-unawa? Hindi lang nila dapat unawain ang malalaking bagay, tulad ng isang tao na lumalaban sa Diyos, hindi nagmamahal sa katotohanan, sakim sa katayuan, o iyong isang tao na nililihis ang mga tao sa mga bagay na sinasabi nito, bagkus ay dapat na maunawaan ang lahat mula sa maliliit na bagay, tulad ng mga partikular na ideya at layunin, hanggang sa malalaking bagay tulad ng argumento o pahayag. Kababanggit Ko lang ng anim na bagay sa kabuuan, kabilang dito ang mga kaisipan at pananaw, gayundin ang pang-unawa ng isang tao sa isang partikular na bagay. Ang mga kaisipan at pananaw ay mga bagay na umiiral sa loob ng kamalayan at pag-iisip ng isang tao; ang pang-unawa ay isang bagay na kinilala na at kung saan maaaring makabuo ng mga kongkretong salita at pahayag ang isang tao; pagkatapos ay naroon ang mga pag-uugali at wika. Sa kabuuan ito ay apat na bagay. Naroon din ang mga pahayag at argumento. Ano ang pinagkakaiba ng mga pahayag at argumento? (Mga layunin at ideya.) Ang mga ideya ay medyo malalabong bagay na hindi sinasadyang lumilitaw sa isipan. Hindi pa sila natutukoy bilang tama o mali, iniisip mo lang sila, at hindi pa sila nagkakaroon ng anyo sa loob mo, samantalang ang mga pasalitang argumento ay mayroon nang anyo. Sa kabuuan ay may tatlong grupo at anim na bagay. Kunin ang anim na bagay na ito bilang isang landas sa paghihimay sa diwa ng inyong mga tiwaling disposisyon at sa pagkakamit ng pagbabagong disposisyonal, mula ngayon ay simulan ang pagkilala sa sarili ninyong mga tiwaling disposisyon at tiwaling diwa mula sa anim na bagay na ito, at sa paraang ito ay tunay ninyong makikilala ang inyong sarili.

Kailangan ba ninyo ng kaunting oras pagkatapos makinig sa pagbabahaginan ngayon para maunawaan ang inyong narinig? Kapag sama-sama kayong nagtitipon, makakapagbahagi ba kayo ng kaunting liwanag o makakapagkumpara sa inyong sarili sa pundasyong ito? Ito ang susi, at ito ang pinakakapaki-pakinabang sa inyo. Kapag nagtitipon-tipon kayong magkakasama, kailangan ninyong makipagbahaginan, makipagpalitan ng mga ideya, at talakayin ang inyong mga karanasan at mga realisasyon—ito ang pinakamabisa. Palagi nating ginagamit ang salitang “pagbulayan” dati; sa mga kolokyal na termino, sinasabi natin, “nguyain ang kinain.” Nangangahulugan ito na mas magbasa pa, mas magdasal-magbasa pa, mas mag-isip pa, at mas maghanap pa, kunin ang inyong naunawaan sa panahong iyon, gayundin ang hindi ninyo naunawaan at ang itinuring ninyong doktrina, mahahalagang punto, mga punto na maling naunawaan ng lahat, at

mga puntong hindi ninyo naarok, at pagtuunan ang lahat ng ito sa pagbabahaginan—ito ang ibig sabihin ng “nguyain ang kinain.” Sa ganitong paraan, ang inyong pang-unawa sa mga detalye ng mga katotohanang ito, ang iba’t ibang pagkakaiba sa pagitan ng mga katotohanan, at ang mga depinisyon ng bawat katotohanan ay magiging mas malinaw at tumpak. Sa palagay ninyo, naging mas malabo ba o mas malinaw ang iba’t ibang katotohanan na inyong naunawaan at isinabuhay nitong mga nakaraang taon kaysa sa dati? (Mas malinaw.) At sa paglipas ng mga taon na ito, nagkaroon ba ng anumang malaking pagbabago sa inyong landas ng pananalig sa Diyos, sa direksyon ng inyong pag-asal, at sa layunin, motibasyon, at pang-udyok sa likod ng paggawa ng inyong tungkulin? (Pagkatapos sumailalim sa ilang pagtutuwid at pagdidisiplina ng Diyos, at pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, pakiramdam ko ay nagkaroon ng ilang pagbabago.) Na nagkaroon ng pagbabago ay tama, at ito ang dapat na mangyari. May ilang tao na patuloy na nagsawalang-bahala at hindi nagbago ni katiting pagkatapos makinig sa napakaraming sermon. Hindi sila naaantig sa kaibuturan ng kanilang puso, ibig sabihin, walang pagtitipon o pagbabahaginan ang makapagpapabago sa direksyong kanilang pinupuntahan—napakamanhid at napakapurol ng utak nila! Ang landas tungo sa pagkamit ng kaligtasan ay dapat na ngayong mas luminaw nang luminaw, at iyong mga may karanasan ay nakikita nang malinaw at maliwanag ang mga paraan kung saan inililigtas ng Diyos ang tao at ang Kanyang layunin sa paggawa nito. Kung, pagkatapos na manampalataya sa Diyos sa lahat ng taon na ito, hindi mo pa rin alam kung paano inililigtas ng Diyos ang mga tao at kung paano Niya nililinis ang mga tao mula sa katiwalian, ipinakikita nitong wala kang kahit anong pagkaunawa sa katotohanan at walang ni katiting na pagkaarok sa gawain ng Diyos. Hindi ba’t ang gayong mga tao ay naguguluhan sa kanilang pananalig?

Marso 20, 2019

Ikalimang Aytem: Nililihis, Hinahatak, Pinagbabantaan, at Kinokontrol Nila ang mga Tao

Karagdagang Babasahin

Ang Kuwento nina Dabao at Xiaobao

Bago natin pormal na simulan ang ating pagbabahaginan sa araw na ito, magsisimula Ako sa isang kuwento. Nasisiyahan ba kayong lahat na makinig sa mga kuwento? (Oo.) Ngayon, may prinsipyo ba sa pakikinig sa mga kuwento? Sa mga kuwentong isinasalaysay, dapat magawa mong maarok ang isang aspekto ng katotohanan, maunawaan ang isang aspekto ng mga layunin ng Diyos, matukoy ang isang aspekto ng kalikasang diwa ng tao, o matuklasan sa kuwento ang katotohanang realidad na dapat isagawa at pasukin ng mga tao. Ito ang kahulugan ng pagsasalaysay ng mga kuwento; hindi ito walang katuturang pagdadaldal, at tiyak na hindi ito tsismis. May ilang tao na, kapag nakikinig sa mga kuwento, ay naaarok lang ang mga pangyayari—anong uri sila ng tao? (Mga taong mahina ang kakayahan.) Ang ibig sabihin ng mahinang kakayahan ay hindi sila nag-iisip; pangunahin, wala silang espirituwal na pang-unawa. Anumang kuwento ang pinakikinggan nila, natatandaan lang nila ang mga pangyayari o nauunawaan ang ilang patakaran mula sa kuwento. Ngunit pagdating sa iba't ibang katotohanang dapat maunawaan ng mga tao mula sa kuwento, hindi nila naaarok, nauunawaan, o naiintindihan ang mga iyon. Hindi ba't ang pag-uugaling ito ay nagpapahiwatig ng pinakamababang espirituwal na pang-unawa? (Oo.) Sa inyo, mayroon na bang nagpakita ng ganitong uri ng pag-uugali pagkatapos makinig sa isang kuwento? Pagkatapos itong marinig, wala silang masyadong naunawaan, pakiramdam nila ay walang kabuluhan ang kuwento, at hindi mahalaga kung naikuwento man ito o hindi. May kakayahan bang makaarok ang ganoong mga tao? Kapag nakikinig kayo sa isang kuwento, makakakuha ba kayo ng kaunting pakinabang mula sa mga pangyayaring nakapaloob dito? Hindi mahalaga kung kaya ninyong unawain ang katotohanan mula rito, dapat ninyong maunawaan ang kasabi Ko lang na prinsipyo tungkol sa pakikinig sa mga kuwento. Ngayon, simulan na natin ang kuwento.

May isang batang lalaking nagngangalang Xiaobao. Kamakailan, may isang partikular na lalaking nagpunta sa bahay niya, at ang lalaking ito ay madalas lumabas upang mangaral ng ebanghelyo kasama ang mga magulang ni Xiaobao. Isang araw, umalis ang mga magulang ni Xiaobao upang mag-asikaso ng ilang gawain, iniwan lang ang lalaki at si Xiaobao sa tahanan. Dito nagsisimula ang ating kuwento. Dahil hindi masyadong kilala ni Xiaobao ang lalaki, nagpasya ang lalaking iyon na lumapit at nakikipagpalagayang-loob kay Xiaobao habang naglalaro siya. Sinabi nito kay Xiaobao na kilala siya nito at alam pa nga nito ang kanyang pangalan. Natuwa si Xiaobao at naisip niyang hindi puwedeng masamang tao ang lalaki. Pagkatapos, tinanong ng lalaki si Xiaobao, "Xiaobao, kahit kailan ba ay nabanggit ako ng mga magulang mo kapag

nag-uusap sila?” Sandaling nag-isip si Xiaobao at sinabi niya, “Hindi ko alam.” Sinabi ng lalaki, “Isa kang matapat na bata. Sinasabi ng mababait na bata kung ano ang nalalaman nila.” Tinanong ulit nito si Xiaobao, “Kahit kailan ba ay nabanggit ako ng mga magulang mo o hindi?” Sinabi pa rin ni Xiaobao na hindi niya alam. Nagpatuloy ang lalaki, “Xiaobao, magpakabait ka, kung sasabihin mo sa akin ang totoo, bibigyan kita ng kaunting kendi.” Sandaling nag-isip si Xiaobao pero sinabi pa rin niya na hindi niya alam. Nagbulay-bulay ang lalaki, “Paano ko ba siya mapapagsabi ng totoo?” Sandali itong nag-isip, pagkatapos ay sinabi nito kay Xiaobao, “Xiaobao, ang mga magulang mo ay nananampalataya sa Diyos, at ganoon din ako. Matalik na kaibigan ako ng mga magulang mo. Lahat kaming tatlo ay nananampalataya sa Diyos, at nananampalataya ka rin sa Diyos. Alam mo ba kung anong uri ng mga bata ang gusto ng Diyos?” Pinag-isipan ito ni Xiaobao at sinabi, “Hindi ko alam.” Sinabi ng lalaki, “Gusto ng Diyos ng mga matapat na bata, ng mga batang hindi nagsisinungaling. Kapag may alam silang isang bagay, sinasabi nilang alam nila, at kapag hindi nila alam, sinasabi nilang hindi nila alam. Iyon ang matapat na bata, at gusto ng Diyos ang ganitong mga bata.” Pinag-isipan ito ni Xiaobao at sinabi, “Sige.” Pagkatapos, tumigil na siya sa pagsasabing hindi niya alam. Nagpatuloy ang lalaki, “Kung sasabihin mo sa akin ang totoo, magiging isa kang matapat na bata, isang batang mahal ng Diyos.” Pinag-isipan ito ni Xiaobao at sinabi, “Sige na nga.” Tinanong ng lalaki, “Ano ang ibig sabihin ng ‘sige na nga’?” Sinabi ni Xiaobao, “Ibig sabihin nito ay may sinabi ang mga magulang ko tungkol sa iyo noon.” Pagkatapos, patuloy na nagtanong ang lalaki kung ano ang sinabi at paulit-ulit na sinabihan si Xiaobao na maging matapat na bata at huwag magsinungaling. Sinabi ni Xiaobao, “Sinabi ng nanay at tatay ko na hindi ka mabuting tao. Sinabi nila na hindi ka gaanong matapat, at dapat silang maging maingat kapag nakikipag-usap sa iyo.” Muling nagtanong ang lalaki, “Ano pa ang sinabi ng nanay at tatay mo?” Sumagot si Xiaobao, “Hindi ko matandaan.” “Maging mabait na bata ka!” sabi ng lalaki. Pagkatapos ay sumagot si Xiaobao, “Sinabi ng nanay at tatay ko na hindi nila dapat sabihin sa iyo ang lahat ng bagay.” Pagkatapos, patuloy siyang tinanong ng lalaki, at maraming sinabi si Xiaobao sa kanya. Tumindi nang tumindi ang pagkabalisa ng lalaki at sinabi kay Xiaobao, “Xiaobao, napakabait mong bata, isa kang batang minamahal ng Diyos dahil isa kang matapat na tao at sinasabi mo sa akin ang lahat ng nalalaman mo.” Sa oras na ito, hindi na masyadong nag-iingat si Xiaobao laban sa lalaking ito gaya noong una, at hindi na siya sumasagot ng “Hindi ko alam” sa lahat ng tinatanong nito sa kanya. Gusto niyang sabihin sa lalaki ang lahat, sabihin dito ang anumang hindi nito alam—kailangan lang nitong tanungin si Xiaobao. Ibinunyag din ng lalaki kay Xiaobao, “Ang palayaw ko ay Dabao, kaya nakita mo, Xiaobao ang pangalan mo at Dabao naman ang pangalan ko. Hindi ba’t dapat tayong maging matalik na magkaibigan?” Sumagot si Xiaobao, “Oo.” Sa patuloy nilang pagtatalakayan, napag-usapan nila ang tungkol sa maraming bagay, at habang mas nag-uusap sila ay mas nasisiyahan sila. Nakakuha rin ng kaunting kendi si Xiaobao at hindi na siya naging maingat laban sa lalaki. Pagkatapos, hiningi ito ng lalaki kay Xiaobao: “Sa hinaharap,

kung may sasabihin ulit ang nanay at tatay mo tungkol sa akin, puwede mo bang sabihin sa akin?” Sinabi ni Xiaobao, “Oo naman, dahil matalik tayong magkaibigan.” Hindi na nag-iingat si Xiaobao laban sa lalaking ito, at nakuha ng lalaking ito ang impormasyong kailangan nito mula sa kanya. Mula sa araw na iyon, naging matalik silang magkaibigan. Sa tuwing may sasabihin ang nanay at tatay ni Xiaobao tungkol sa lalaki, agad itong sasabihin ni Xiaobao sa lalaki. Nangako rin ang lalaki kay Xiaobao, “Talagang hindi ko sasabihin sa nanay at tatay mo ang tungkol sa ating dalawa—lihim natin ito. Sa hinaharap, kung kailanganin mo man ng masarap na pagkain o ng bagay na masayang laruin, tiyak na bibilhin ko ito para sa iyo. At kung mayroon kang ayaw ipaalam sa nanay at tatay mo, ililhim ko ito para sa iyo.” Kaya, lalo pang napalagay si Xiaobao at buongpusong pinagkatiwalaan ang lalaki. Ipinagpatuloy niya ang sinserong pakikipag-ugnayan dito, at sila ay naging “tunay na matalik na magkaibigan.”

Iyon ang buong kuwento. Kaunting tauhan lang ang sangkot dito; ang mga pangunahing tauhan ay sina Dabao at Xiaobao. Ang partikular na paksa ay umiikot sa kung paano sinubukan ni Dabao na ilihis, suyuin, at hatakin ang batang si Xiaobao, napaaamin itong sabihin sa lalaki ang ilang impormasyong gusto niyang malaman. Iyon ang uri ng kuwento at diyalogong ito. Ano ang makikita natin mula sa simpleng balangkas at diyalogong ito? Kaninong mga katangian ang pangunahing tinalakay dito? Ang sa bata ba o sa matanda? (Sa matanda.) Kaya, ano ang inilalarawan dito? Ano ang pangunahing paksa ng kuwento? Ang pangunahing paksa ay may kinalaman sa kung paano gumagamit ang lalaking ito ng iba’t ibang paraan upang maisakatuparan ang kanyang layon. Naunawaan ba ninyo kung ano ang paraang ginamit niya? (Ang panghahatak at panlilihis.) Gumamit siya ng mga insentibo upang hatakin ang bata at ng mga tamang salita upang ilihis ito, at naengganyo pa nga niya ito. Ano ang ginamit niya upang maengganyo ito? Mga pakinabang—naengganyo niya ang bata gamit ang mga pakinabang. Ang panghahatak, pang-eengganyo, at panlilihis—maituturing ito na kapwa pang-eengganyo at panlilihis, paggamit ng mga tamang salita upang maengganyo, at pagdadala rin ng bahagyang nagbabantang kalikasan. Puwedeng tama sa pandinig ang mga salita, pero para saan niya ginamit ang mga salitang ito? (Para maisakatuparan ang sarili niyang adyenda.) Ginamit niya ang mga ito upang maisakatuparan ang sarili niyang mga lihim na pakay. Sa pangkalahatan, ang mga paraang ginamit niya ay malinaw. Ito ba ang pag-uugaling taglay ng normal na pagkatao? (Hindi.) Kung ganoon ay sa anong aspekto ng tiwaling disposisyon ni Satanas nabibilang ang pag-uugaling ito? (Sa kabuktutan.) Bakit sinasabi nating sa kabuktutan sa halip na sa panlilinlang? Nasa mas malalim na antas ang kabuktutan kaysa sa panlilinlang; mas lihim na mapanira ito, mas malihim, mas mapanlihis, at mas mahirap arukin, at nakapaloob sa kabuktutan ang pang-eengganyo, pang-uudyok, panghahatak, pagkuha ng loob, panunuhol, at panunukso. Ang mga kilos at pag-uugaling ito ay sobrang higit pa sa panlilinlang; ang mga ito ay buktot, walang duda. Hindi sinabi ng lalaki, “Kung hindi mo sasabihin sa akin, hahampasin kita, sisipain kita, o papatayin kita!” Hindi siya gumamit ng ganoong mga

paraan, at sa panlabas, hindi lumitaw na siya ay may masamang hangarin. Gayumpaman, mas nakakakilabot pa nga ito kaysa sa masamang hangarin—ito ay kabuktutan. Bakit Ko sinasabing ito ay kabuktutan? Ang panlilinlang ay karaniwang nahahalata ng karamihan ng tao, pero mas tuso ang paraan niya. Sa panlabas, gumagamit siya ng magalang na pananalita na umaayon sa pagkagiliw ng tao; pero sa realidad, sa kaibuturan, may mga bagay na mas nakatago. Ang mga kilos at paraan niya ay mas nakatago, mas lihim na mapanira kaysa sa panlilinlang na karaniwang nakikita at nakakaharap ng mga tao. Ang mga taktika niya ay mas sopistikado, mas mapanlinlang, at mas mapanlihis. Ito ay kabuktutan.

Sa pang-araw-araw na buhay, kaya ba ninyong kilalanin ang pagkakaiba at kilatisin ang pagbubunyag ng buktot na disposisyon ng ibang tao at ang kanilang buktot na pag-uugali? Bagama't puwedeng maging medyo mahusay makitungo ang mga mapanlinlang na indibidwal, pagkatapos makisalamuha sa kanila sa loob ng ilang panahon, makikilatis pa rin sila ng karamihan ng tao. Gayumpaman, hindi ganoon kadaling makilatis ang mga taong may buktot na disposisyon. Kung hindi mo makita ang diwa o ang mga kahihinatnan, wala kang paraan para makilatis sila. Ang mga buktot na indibidwal ay mas lalo pang lihim na mapanira kaysa sa mga mapanlinlang na tao. Wala kang paraan para makilatis sila mula lang sa isa o dalawang pangungusap. Pagdating sa mga taong may buktot na disposisyon, sa kaunting oras o sa maikling panahon ay puwedeng hindi mo makilatis o maunawaan kung bakit nila ginagawa ang partikular na bagay na iyon, kung bakit sila nagsasalita o kumikilos sa ganoong paraan. Isang araw, kapag sila ay lubusan nang nabunyag at ganap nang nailantad, sa wakas ay matutuklasan kung anong uri sila ng tao. Higit pa ito sa panlilinlang lamang—ito ay kabuktutan. Samakatwid, ang pagkilatis sa isang buktot na disposisyon ay nangangailangan ng ilang panahon, at minsan dapat munang makita ang mga kahihinatnan bago ito makikilatis ng isang tao—hindi ito isang bagay na makikilatis agad. Halimbawa, ilang dekada nang nanlilihis ng mga tao ang malaking pulang dragon, at ngayon lang nagkaroon ng kaunting pagkilatis ang kaunting tao. Ang malaking pulang dragon ay madalas na nagsasabi ng mga bagay na pinakamasarap pakinggan at pinakanaaayon sa mga kuru-kuro ng tao, itinataas ang bandera ng paglilingkod sa mga tao para manlihis ng mga tao at ang bandera ng katarungan para magpalayas ng mga taong tumututol, malubhang pinipinsala ang hindi mabilang na mabubuting tao. Ngunit kaunti lang ang nakakakilatis nito dahil ang sinasabi at ginagawa nito ay mukhang tama sa mga tao. Iniisip ng lahat ng tao na ang lahat ng ginagawa nito ay makatarungan at nararapat, legal at makatwiran, at naaayon sa pagkamakatao. Bilang resulta, nailihis nito ang mga tao sa loob ng ilang dekada. Kapag sa wakas ay naisiwalat at bumagsak na ito, makikita ng mga tao na ang tunay na mukha nito ay yaong sa diyablo, at ang kalikasang diwa nito ay buktot. Ang malaking pulang dragon ay nanlihis ng mga tao sa loob ng napakaraming taon, at ang lason ng malaking pulang dragon ay nasa lahat ng tao—naging mga inapo na sila nito. May kakayahan ba ang sinuman sa inyong gawin ang mga uri ng bagay na nagawa ng malaking pulang

dragon? May ilang taong katulad ng malaking pulang dragon kung magsalita, gumagamit ng napakagagandang salita pero hindi gumagawa ng tunay na gawain. Maganda ang lahat ng salita nila, pero hindi sila gumagawa ng tunay na gawain. Gayundin, partikular silang lihim na mapanira at buktot. Pagdating sa ganoong mga tao, kung may makasasakit sa kanila, hindi nila ito palalampasin. Sa malao't madali, makakahanap sila ng angkop na pagkakataon para maisakatuparan ang layunin nilang maghiganti pero hindi bibigyan ang mga ito ng anumang maipaninira sa kanila. Puwede pa nga nilang pangasiwaan ang usaping iyon nang hindi humaharap at nagpapakita ng kanilang mukha. Hindi ba't buktot ito? Ang mga buktot na tao ay kumikilos nang may mga prinsipyo, paraan, layunin, motibo, at pakay partikular na palihim at nakatago. Gumagamit ang mga buktot na indibidwal ng mga pakana upang maminsala ng iba, minsan ay gumagamit sila ng ibang tao upang pumatay para sa kanila, minsan ay pinahihirapan nila ang iba sa pamamagitan ng panghahatak sa mga itong gumawa ng mga kasalanan, at minsan ay gumagamit sila ng mga batas o bumabaling sa lahat ng uri ng kasuklam-suklam na paraan para pahirapan ang iba. Ang mga ito ay pawang pagpapamalas ng kabuktutan, at wala sa mga ito ang mga makatarungan o matapat na paraan. Mayroon bang sinuman sa inyong nagpapakita ng mga pag-uugali o pagbubunyag na ito? Kaya ba ninyong kilatisin ang mga ito? Alam ba ninyong binubuo ng mga ito ang isang buktot na disposisyon? Ang panlilinlang ay kadalasang nakikita sa panlabas: May isang taong nagpapaligoy-ligoy o gumagamit ng mabulaklak na pananalita, at walang nakakabasa ng kanyang iniisip. Iyon ay panlilinlang. Ano ang pangunahing katangian ng kabuktutan? Ito ay na sadyang masarap sa pandinig ang kanyang mga salita, at ang lahat ng bagay ay parang tama sa panlabas. Mukhang walang anumang problema, at mukhang maayos ang mga bagay sa bawat anggulo. Kapag may ginagawa siya, hindi mo siya makikitang gumagamit ng anumang partikular na diskarte, at sa panlabas, walang anumang tanda ng mga kahinaan o kapintasan, pero naisasakatuparan niya ang kanyang layon. Ginagawa niya ang mga bagay sa isang masyadong malihim na paraan. Ganito inililihis ng mga anticristo ang mga tao. Ang ganitong mga tao at bagay ang pinakamahirap kilatisin. May ilang tao na madalas na nagsasabi ng mga tamang bagay, gumagamit ng mga magagandang palusot, at gumagamit ng mga partikular na doktrina, kasabihan, o kilos na umaayon sa pagkagiliw ng tao upang manlinlang ng mga tao. Nagkukunwari silang gumagawa ng isang bagay habang iba ang ginagawa upang maisakatuparan ang kanilang lihim na pakay. Ito ay kabuktutan, pero itinuturing ng karamihan ng mga tao ang mga pag-uugaling ito bilang mapanlinlang. Ang mga tao ay may medyo limitadong pang-unawa at paghimay sa kabuktutan. Ang totoo, mas mahirap kilatisin ang kabuktutan kaysa sa panlilinlang dahil mas palihim ito, at mas sopistikado ang mga paraan at kilos nito. Kung ang isang tao ay may isang mapanlinlang na disposisyon, kadalasan, nahahalata ng iba ang kanyang panlilinlang sa loob ng dalawa o tatlong araw ng pakikisalamuha sa kanya, o nakikita nila ang pagbubunyag ng kanyang mapanlinlang na disposisyon sa kanyang mga kilos at salita. Gayumpaman, ipagpalagay nating buktot ang taong iyon: Hindi ito

isang bagay na makikilatis sa loob lang ng ilang araw, dahil kung walang anumang mahalagang pangyayari o espesyal na sitwasyong magaganap sa isang maikling panahon, hindi madaling makakilatis ng anumang bagay mula lang sa pakikinig sa kanyang magsalita. Palaging tama ang mga sinasabi at ginagawa niya, at naglalahad siya ng sunud-sunod na tamang doktrina. Pagkalipas ng ilang araw ng pakikisalamuha sa kanya, puwede mong isipin na ang taong ito ay medyo magaling, nagagawang tumalikod sa mga bagay-bagay at gumugol ng kanyang sarili, may espirituwal na pang-unawa, may mapagmahal-sa-Diyos na puso, at parehong may konsensiya at katwiran sa paraan ng kanyang pagkilos. Pero pagkatapos niyang mangasiwa ng ilang usapin, makikita mong ang kanyang pananalita at mga kilos ay nahahaluan ng napakaraming bagay, ng napakaraming mala-diyablong layunin. Napagtanto mong ang taong ito ay hindi matapat kundi mapanlinlang—isang buktot na bagay. Madalas siyang gumagamit ng mga tamang salita at magagandang parirala na naaayon sa katotohanan at nagtataglay ng pagkagiliw ng tao upang makisalamuha sa mga tao. Sa isang banda, itinatag niya ang kanyang sarili, at sa isa pa, inililihis niya ang iba, nagkakamit ng prestihiyo at katayuan sa mga tao. Ang ganoong mga indibidwal ay labis na mapanlihis, at sa sandaling magkamit sila ng kapangyarihan at katayuan, kaya na nilang manlihis at maminsala ng maraming tao. Lubhang mapanganib ang mga taong may mga buktot na disposisyon. May ganoon bang mga tao sa paligid ninyo? Kayo ba mismo ay ganito? (Oo.) Kung ganoon ay gaano ito kaseryoso? Nagsasalita at kumikilos nang walang anumang katotohanang prinsipyo, lubos na sumasandig sa iyong buktot na kalikasan upang kumilos, palaging nagnanais na manlihis ng iba at mamuhay sa likod ng isang maskara, para hindi ka makilatis o makilala ng iba, at para igalang at hangaan nila ang iyong pagkatao at katayuan—ito ay kabuktutan. Ipinapakita ba ninyo ang mga buktot na pag-uugaling ito nang paminsan-minsan lang, o ganito ba kayo madalas? Ganito lang ba talaga kayo, at mahirap ba para sa inyong makawala? Kung paminsan-minsan lang kayo gumagamit ng ganitong mga paraan, puwede pa rin itong mabago. Gayumpaman, kung ganito lang talaga kayo, palaging kumikilos nang mataktika at mapanlinlang, at palaging sumasandig sa mga pakana, kung gayon kayo ang pinakatuso sa lahat ng diyablo. Sasabihin Ko sa inyo ang katotohanan: Ang ganitong mga tao ay hindi kailanman magbabago.

Sa kuwento, ginagamit ni Dabao ang mga paraang ito upang ilihis si Xiaobao at mapagsalita ang batang lalaki na sabihin sa kanya ang totoo. Sabihin ninyo sa Akin, sino ang nagturo sa kanyang kumilos nang ganito? Walang nagturo sa kanya. Kaya, saan nagmula ang mga panlilinlang na ito? (Mula sa kanyang kalikasan.) Nagmula ang mga ito sa kanyang kalikasan, sa kanyang tiwaling diwa. Ganoong uri lang talaga siya ng tao. Hindi nga niya pinalagpas kahit ang isang bata—napakakasuklam-suklam! Kung gusto niyang malaman ang katotohanan, puwede niyang tanungin nang direkta ang mga magulang ng bata, o puwede niyang aktibong kilalanin ang kanyang sarili at ilantad ang kanyang puso sa kanila; pagkatapos ay maaari nilang sabihin sa kanya ang totoo. Hindi na kailangang gumamit ng ganoong mga paraan upang gawin ang mga kahiya-hiya at

nakakaasiwang bagay na ito nang lingid sa kaalaman ng iba. Ito ang ginagawa ng mga taong may mga buktot na disposisyon. Sabihin ninyo sa Akin, hindi ba't kasuklam-suklam ito? (Kasuklam-suklam ito.) Hindi nga niya pinalagpas ang isang bata; ang tingin niya sa bata ay madaling api-aphin, lokohin, at dayain, kaya nagbalak siya laban dito. Ngayon, kung makakakita siya ng isang taong nasa hustong gulang na matapat at mabait, paano niya ito tatratuhin? Palalampasin ba niya sila? Talagang hindi. Kung makakakita siya ng isang taong katulad niya, isang taong mahilig gumamit ng mga estratehiya sa mga salita at kilos nito, ano ang gagawin niya? (Alam niya na ang taong ito ay kasing-buktot lang niya at puwedeng mag-ingat laban dito, hindi madaling nagbubunyag ng anumang bagay.) Bukod sa pag-iingat, ano pa ang puwede niyang gawin? (Makikipagkompetensiya siya.) Makikipagkompetensiya siya nang lantaran at palihim—iyon na iyon. Ito ang pag-uugali ng mga taong may mga buktot na disposisyon. Ang ganitong mga tao ay mahilig makipagkompetensiya sa iba nang lantaran at palihim, at sinasamantala nila ang bawat pagkakataon. Mayroon silang sikat na kasabihan, at kung makakaharap mo ang ganitong mga tao at maririnig mong sabihin nila ito, makakasiguro kang mayroon silang buktot na disposisyon. Ano ang sinasabi nila? Halimbawa, kapag iminungkahi mong makipagtulungan sila sa ibang tao para gawin ang kanilang tungkulin, sasabihin nila, "Oh, hindi ko kayang makipagkompetensiya sa kanya!" Palaging tungkol sa "kompetisyon" ang una nilang naiisip. Ang unang naiisip nila ay hindi tungkol sa kung paano makipagtulungan sa iba para magawa nang maayos ang trabaho, kundi tungkol sa pakikipagkompetensiya sa kanila. Ito ang sikat na kasabihan nila. Sa anumang grupong ng mga tao sila nabibilang, kasama man sila sa mga walang pananampalataya, kapatid, o miyembro ng pamilya, ano ang isang panuntunan nila? Ito ay kompetisyon, at kung hindi sila mananalo laban sa iba nang lantaran ay gagawin nila ito nang palihim. Ang ganitong uri ng disposisyon ay buktot. May ilang tao na sa panlabas ay puwedeng lumitaw na kaswal na nakikipagkuwentuhan sa iba, pero sa kanilang puso, palihim silang nakikipagkompetensiya, gumagamit ng iba't ibang paraan at mga diskarte upang hindi tuwirang atakihin at maliitin ang ibang tao. Ang mga taong hindi nakakakilatis nito ay hindi makikita ang totoo sa kanilang mga taktika, at sa oras na makita nila, nagkaroon na ng resulta ang kanilang kompetisyon. Ito ay kabuktutan. Kapag nakikisalamuha sa iba ang mga buktot na tao, ang lahat ay tungkol sa pakikipagkompetensiya nang lantaran at palihim, paggamit ng iba't ibang pakana, plano, o mga partikular na paraan upang talunin ang iba, pasukuin ang mga ito, at sa huli ay mapasunod ang lahat sa kanila. Mula nang umiral ang sangkatauhan hanggang sa ngayon, ang buong kasaysayan ng sangkatauhan ay napuno na ng "kompetisyon." Sa isa mang malawak na antas sa pagitan ng mga bansa, sa isang mas maliit na antas sa pagitan ng mga pamilya, o sa isang indibidwal na antas sa pagitan ng mga tao, walang grupong hindi puno ng alitan; kung hindi ito lantarang kompetisyon ay palihim ito, kung hindi ito salitang komprontasyon ay pisikalan ito. Ang panahong may pinakamadalas na mga digmaan sa iba't ibang pangkat etniko sa kasaysayan ng Tsina

ay ang Panahon ng Tagsibol at Taglagas at ang Panahon ng Mga Naglalabanang Estado. Karamihan ng mga tanyag na aklat tungkol sa estratehiyang militar ay ginawa noong dalawang panahong iyon, tulad ng mga taktikang nakapaloob sa Ang Sining ng Pakikidigma ni Sun Tzu—ang lahat ng ito ay ginawa noong panahong iyon. Nariyan din ang aklat na Ang Tatlumpu't Anim na Panlilinlang, na nagdodokumento ng iba't ibang taktika na ginagamit sa pakikidigma. Ang ilan sa mga estratehiya at taktikang militar na ito ay ginagamit pa rin sa panahon ngayon. Sabihin ninyo sa Akin, ano ang ilan sa mga estratehiya nito? (Ang Estratehiyang “Pananakit sa Sarili.”) (Ang Estratehiyang “Panlilihis.”) (Ang Estratehiyang “Kontra-espiya,” Estratehiyang “Siyudad na Walang Tao,” at Estratehiyang “Patibong ng Pulot-pukyutan.”) Ang lahat ng tanyag na estratehiyang ito, nagtatapos man sa “Patibong ng Pulot-pukyutan,” “Siyudad na Walang Tao,” o “Panlilihis,” ay nagsisimula sa “Estratehiya.” Ano ang ibig sabihin ng “stratehiya”? (“Taktika” o “pakana.”) Ipinahihiwatig nito ang ilang lihim na mapanira, mapanlinlang, nakatago, o lihim na taktika. Ang mga “taktika” na ito ay walang kinalaman sa pagpapalano—tungkol ang mga ito sa pagpapakana. Ano ang nakikita natin sa likod ng mga taktikang ito? Ang kanila bang mga kilos, kanilang pag-uugali, at ang mga taktika at pamamaraang ito na ginagamit nila sa pakikidigma ay naaayon sa pagkatao at sa katotohanan? (Hindi.) Sa ganitong paraan ba gumagawa ang Diyos? (Hindi.) Talagang hindi. Kaya, kanino kumakatawan ang mga pamamaraang ito? Kumakatawan ang mga ito kay Satanas at sa buktot na sangkatauhanang ito. Saan nagmumula ang mga estratehiyang ito ng buktot na sangkatauhan? (Kay Satanas.) Nanggagaling ang mga ito kay Satanas. Puwedeng mahirapan ang ilan na unawain ito, kaya dapat Kong sabihin na nanggagaling ang mga ito sa mga haring diyablo—pagkatapos ay mauunawaan ito ng mga tao. Sino ang mga haring diyablo? Sila ang mga demonyo at si Satanas na muling nagkatawang-laman sa mundo para maghasik ng hindi pagkakasundo at magdulot ng kaguluhan sa sangkatauhan—binuo nila ang mga estratehiyang ito. Sa mga talaan ng gawain ng Diyos, kahit kailan ba ay nakita ninyo Siyang gumamit ng Estratehiyang “Siyudad na Walang Tao” o ng Estratehiyang “Panlilihis”? Kasama ba ang mga estratehiyang ito sa plano ng pamamahala ng Diyos? Kailanman ay hindi gumamit ang Diyos ng ganoong mga estratehiya upang pamahalaan ang Kanyang gawain. Ang mga estratehiyang ito ay ginagamit ng kabuuan ng buktot na sangkatauhan. Mula sa isang bansa o isang dinastiya sa isang mas malaking antas, hanggang sa isang tribo o pamilya sa isang mas maliit na antas, at maging hanggang sa mga ugnayan sa pagitan ng mga indibidwal, saan ka man makakita ng tiwaling sangkatauhan, makakakita ka ng alitan. Ano ang pinag-aawayan nila? Ano ang pinagkokompetensiyahan nila? Ano ang layon nila? Ang lahat ng ito ay para sa kapangyarihan, katayuan, at pakinabang—upang makamit ang mga bagay na ito. Naglalaban-laban ang mga bansa para sa kontrol sa mas maraming tao. Naglalaban-laban ang mga tribo para sa teritoryo, mga tao, at soberanya. Naglalaban ang mga indibidwal para sa superyoridad at pakinabang. Saanman may sangkatauhan, may alitan, dahil saanman may sangkatauhan, naroon ang katiwalian ni Satanas. Ang

buong sangkatauhan ay nagawang tiwali ni Satanas, kaya ang mundo ay puno ng alitan at pagdanak ng dugo. Sa anumang ginagawa nito, hindi kayang takasan ng tiwaling sangkatauhan ang mga gapos ng disposisyon ni Satanas. Samakatwid, ang buong kasaysayan ng sangkatauhan, sa Kanluran man o sa Silangan, ang bawat bahagi ng kasaysayan nito ay isang kasuklam-suklam na pagsasalaysay ng buktot na tunggalian ng sangkatauhan. Itinuturing pa nga ng sangkatauhan ang mga bagay na ito bilang maluwalhati. Pinag-aaralan pa rin ng ilang tao ang Tatlumpu't Anim na Panlilinlang ng Tsina sa panahon ngayon. Pinag-aaralan ba ninyo ang mga ito? (Hindi.) Kung sadya mong pag-aaralan ang mga bagay na ito, matututunan ang mga karanasan, aral, diskarte, paraan, at teknik na nilalaman ng mga ito para pagyamanin ang utak mo, at gagawin ang mga itong bahagi ng iyong mga kasanayan upang mabuhay, talagang mali iyon. Hindi maiiwasang mas mapapalapit ka kay Satanas, nagiging lalo pang buktot, lalo pang masama. Gayumpaman, kung kaya mong baguhin ang iyong perspektiba at himayin, kilatisin, at ilantad ang mga ito alinsunod sa mga salita ng Diyos, anong uri ng resulta ang makakamit mo? Lalo mo pang kapopootan si Satanas, at lalo mo pang mauunawaan at kapopootan ang iyong sarili. Ano pa ang mas magandang kalalabasan? Ito ay ang tanggihan si Satanas at maging desididong sumunod sa Diyos. Ginagamit ni Satanas ang mga tinatawag na tradisyonal na kulturang ito at ang lahat ng uri ng kaalaman at teorya na naipon ng sangkatauhan sa loob ng libu-libong taon para ituro at itanim sa mga tao, naglalayong gawing tiwali at kontrolin ang mga ito sa isang mas malalim na antas. Kung magiging dalubhasa ka sa mga bagay na ito at malalaman mo kung paano gamitin ang mga ito, magiging isa kang nabubuhay na Satanas, at lubusan kang ititiwalag ng Diyos.

Kapag nagbabahagi tungkol sa pag-unawa sa sarili sa mga nakaraang pagtitipon, karamihan ng mga tao ay madalas magbanggit sa usapin ng isang mapagmataas na disposisyon, na siyang pinakakaraniwang tiwaling disposisyon, at laganap ang pag-iral nito. Ano pang ibang tiwaling disposisyon ang medyo karaniwan? (Ang panlilinlang at pagiging mapagmatigas.) Ang panlilinlang, pagiging mapagmatigas, pagtutol sa katotohanan, at kalupitan—ang mga ito ang mga bagay na madalas makaharap ng mga tao. Ang kabuktutan ay mas madalang makita, at hindi ito masyadong kinikilala. Masasabi na ang isang buktot na disposisyon ang pinakamahirap na makilala, at isa itong malalim na nakatago at medyo malihim na uri ng tiwaling disposisyon, hindi ba? Halimbawa, ipagpalagay nating may dalawang taong nakatira nang magkasama, at walang sinuman sa kanila ang nagmamahal sa katotohanan o naghahangad nito, hindi rin sila tapat sa paggawa ng kanilang mga tungkulin. Sa panlabas, ang dalawa sa kanila ay puwedeng lumitaw na magkasamang nabubuhay nang magkasundo nang wala talagang mga isyu. Gayumpaman, sa kaibuturan, walang sinuman sa kanila ang naghahangad sa katotohanan, at umiiral pa rin ang iba't ibang tiwaling disposisyon, bagama't hindi mo nakikita ang mga iyon. Bakit hindi mo nakikita ang mga iyon? Ito ay dahil ang parehong indibidwal na ito ay partikular na mapanlinlang at tuso sa kanilang mga kilos. Dahil hindi

mo nauunawaan ang katotohanan at wala kang anumang pagkilatis, hindi mo makilatis ang tunay na diwa ng kanilang mga problema. Kaunti lang ang mga katotohanang nauunawaan mo, masyadong mababa ang tayog mo, kaya maraming masalimuot na usapin na wala kang paraan upang maarok, at wala kang magawa upang tulungan ang ibang tao na lutasin ang kanilang mga isyu. Bilang mga lider, ano ang dapat ninyong gawin kapag nakakatagpo kayo ng ganitong mga tao? Kung ilalantad at kikilatisin mo sila, madali ba nila iyong matatanggap? Hindi, hindi nila ito madaling matatanggap. Kaya, paano mo dapat pakitunguhan ang ganoong mga tao? May paraan ba para gawin ito? Ano ang prinsipyo sa pakikitungo sa ganoong mga tao? Kung nagtataglay sila ng ilang teknikal o propesyonal na kasanayan para magtrabaho alang-alang sa sambahayan ng Diyos, dapat mo silang tratuhin bilang mga kapatid at hingan sila gaya nito. Gayumpaman, dahil hindi hinahangad ng ganoong mga tao ang katotohanan, kaya ba nilang maging tapat sa paggawa ng kanilang mga tungkulin? (Hindi.) Anong pag-uugali ang nagpapahiwatig na wala silang katapatan? Hindi ba't mahusay ang ganitong mga tao sa paggawa ng mga bagay para magpakitang-tao? Kapag walang tao sa paligid, nagpapepetiks-petiks sila at hindi nagmamadali. Sa sandaling may makita silang paparating, binibilisan nila ang pagkilos. Puwede pa nga silang maglabas ng maraming tanong, nagtatanong kung katanggap-tanggap ang ganito o ganyan. Sa sandaling umalis ang taong iyon, tumitigil sila sa paggawa, walang ginagawa, wala talagang isyung ilalabas, at sinasabi pa nga sa puso nila, "Niloloko lang naman kita; hindi ako ganoon kahangal!" Ang lahat ng ginagawa ng ganitong mga tao ay para magpakitang-tao; talagang sanay sila sa pagpapakita ng isang huwad na imahe at mahusay sa pagkukunwari, binibigyan ng huwad na impresyon ang mga tao. Maraming tao ang ilang taon nang nakikisalamuha sa kanila ang hindi pa rin nakikilatis ang kanilang tuso at mapanlinlang na diwa. Kapag may ibang nagtatanong tungkol sa kanila, sinasabi pa nila, "Ang taong ito ay medyo mahusay, tinatrato ang lahat nang maayos, hindi kailanman namiminsala ng sinuman, mapagpalugod ng mga tao lang. Kahit na may ginagawang mali ang isang tao, hindi niya ito pinupungusan; patuloy niyang hinihikayat at pinapagaan ang loob ng iba." Anong mga diskarte at paraan ang ginagamit ng mga taong ito sa kanilang pakikisalamuha sa iba? Gumaganap sila ng papel para ibagay sa pangyayari, mapagpanggap at tuso sila, at karamihan sa mga tao ay nagsasabing mabuti silang tao. May ganito bang mga tao sa paligid ninyo? (Oo.) Ang lahat ng tao ay may tendensiyang magbunyag ng mga sarili nilang tiwaling disposisyon, pero labis na ikinukubli ng mga indibidwal na ito ang kanilang sarili, ginagawang imposible para sa sinuman na matukoy ang kanilang mga isyu. Hindi ba't isa itong problema? Sa kasaysayan, may ilang emperador na gumawa ng maraming masamang gawa, pero tinatawag pa rin silang marurunong na tagapamahala ng mga sumunod na henerasyon. Bakit ganoon ang mga pananaw ng mga tao sa kanila? Hindi ba't nagsikap sila at gumawa ng mga bagay-bagay para maingatan ang sarili nilang reputasyon? Sa isang banda, gumawa sila ng ilang mabuting bagay alang-alang sa sarili nilang mga tagumpay sa politika, habang sa kabilang banda, binaluktot nila ang

kasaysayan at pinatay ang mga taong nagsulat ng katotohanan at mga katunayan tungkol sa kanila para itago ang mga ginagawa nilang masama. Gayumpaman, kahit paano pa nila sinubukang pagtakpan ang mga iyon, walang duda na may mga tala ng kanilang mga gawa. Hindi nila kayang patayin ang lahat ng taong nakaalam ng katotohanan. Kalaunan, ang mga bagay na iyon ay paunti-unting isiniwalat ng mga sumunod na henerasyon. Nang malaman ito ng mga tao, pakiramdam nila ay nadaya sila. Sa pamamagitan ng pagsisiwalat sa mga historikal na katunayang ito, dapat magkaroon ang mga tao ng bagong pang-unawa sa katotohanan tungkol sa buong sangkatauhan. Anong uri ng pang-unawa? Mula sa mga monarka hanggang sa mga karaniwang tao, ang buong sangkatauhan ay nasa mga kamay ng buktot, ginawang tiwali ni Satanas para ang bawat tao ay mas buktot kaysa sa kasunod. Walang sinuman hindi masama, walang sinuman ang hindi bulok. Lahat sila ay nakagawa ng maraming masamang bagay; medyo buktot silang lahat, walang sinuman sa kanila ang mabuti. Sinasabi ng ilan, “Sa bawat dinastiya, may ilang matuwid na opisyal. Maituturing bang buktot ang mga matuwid na opisyal na ito?” Kung nananampalataya ka sa Diyos sa ilalim ng awtoridad ng mga matuwid na opisyal na ito, tingnan mo kung aarestuhin ka nila o hindi. Kung magpapatotoo ka sa kanila tungkol sa Diyos, obserbahan mo ang saloobin nila. Malalaman mo agad kung buktot sila o hindi. Ang pagpapakita at gawain ng Diyos, pati na ang katotohanang Kanyang ipinapahayag, ay nagbubunyag ng tunay na pagkatao ng mga tao higit sa anupaman. Maaaring nagkamit na ng ilang tagumpay sa politika ang ilang namumuno at opisyal at nakagawa na ng ilang mabuting kilos, pero ano ang kalikasan ng mabubuting kilos na ito? Sino ang nakikinabang sa mga ito? Ang mga ito ay mabubuting kilos na hinihingi ng namumunong uri. Ang mabubuting kilos ba na ginagawa nila ay ang mabubuting gawa na sinasang-ayunan ng Diyos? Ang mga “tagumpay sa politika” bang ito ay pagsasagawa sa katotohanan at pagpapasakop sa Diyos? Talagang hindi. Ang kanilang mga tagumpay sa politika at mabubuting kilos ay talagang walang kaugnayan lahat sa katotohanan o sa pagpapasakop sa Diyos. Kung anong mabubuting kilos at tagumpay sa politika mayroon sila ay udyok lahat ng kanilang mga layunin at motibo; ginawa ang lahat ng ito para maiukit sa kasaysayan at purihin ng iba. Samakatwid, kahit gaano pa karaming mabuting kilos ang gawin nila o gaano karaming tagumpay sa politika ang maipon nila, hindi ito makakapagpatunay na sila ay mabubuting tao na may mabuting puso, o na kailanman ay hindi sila nakagawa ng masama o na hindi sila nagtataglay ng buktot na kalikasan. Malinaw ba sa iyo kung anong uri ng tao ang mga taong ito sa paningin ng Diyos? Magagamit ba ninyo ang mga usaping ito para maunawaan ang inyong sarili? Nakikisali ba kayo sa ganoong mga pagsasagawa, kung saan gusto ninyong magpasikat sa sandaling makagawa kayo ng mabuti, tinitiyak na alam ito ng lahat, pagkatapos sa panlabas ay sinasabing hindi dapat maging mayabang o mapagmataas ang isang tao, na dapat na umasal ang isang tao nang may pagpapakumbaba? Halimbawa, pumunta ka sa isang bagong iglesia para gumawa, at hindi alam ng mga tao na nasa posisyon ka ng pamumuno, kaya kailangan

mong subukan ang bawat paraan upang ipaalam sa mga tao na isa kang lider, at buong gabi mong pinipiga ang utak mo, sa wakas ay nakaisip ng magandang solusyon. Ano ang solusyon? Titipunin mo ang lahat para sa isang pulong at sasabihin, “Sa pagtitipon ngayong araw, magbahaginan tayo tungkol sa kung ako, bilang isang lider, ay pasok sa pamantayan o hindi. Kung hindi ako pasok sa pamantayan, puwede ninyo akong ilantad at tanggalin. Kung kalipikado ako, magpapatuloy ako sa papel na ito.” Kapag narinig ito ng lahat, agad nilang malalaman na isa kang lider. Hindi ba’t naisakatuparan mo ang layon mo sa pamamagitan nito? Saan nanggaling ang layong ito? Nagmumula ito sa iyong buktot na kalikasan. Ang pagkakaroon ng mga ambisyon ay isang karaniwang katangian ng tao, pero bagama’t lahat ng tao ay may mga ambisyon, gumagamit ang ilan ng iba’t ibang salita, paraan, at estratehiya sa iba’t ibang pagkakataon at sa iba’t ibang lugar para maisakatuparan ang mga ninanais nilang layon. Kabuktutan ito.

Tungkol sa paksang ito ng buktot na kalikasan, ipagpapatuloy natin ang pagtalakay rito nang madalas. Sa ganitong paraan, magkakamit kayo ng mas masusing pang-unawa sa aspektong ito ng katotohanan at tiwaling disposisyon. Sa isang banda, magagawa ninyong maunawaan ang inyong sarili, at sa isa pa, magagawa ninyong makilatis ang iba’t ibang uri ng tao. Magkakaroon din kayo ng mas malalim na pagpasok sa katotohanan. Kung magbabahagi lang Ako tungkol sa isang pangkalahatang konsepto o sa isang aspekto ng depinisyon, magiging medyo mababaw ang inyong pang-unawa. Gayumpaman, sa pamamagitan ng paggamit sa ilang katunayan at pagbibigay ng mga halimbawa para sa ating pagbabahaginan, puwedeng mas lumalim ang inyong pang-unawa. Halimbawa, ipagpalagay nating may dalawang batang nag-uusap. Tinanong ng isa sa kanila, “Ginawa mo ba ang takdang aralin mo sa araw na ito?” Sumagot ang isa, “Hindi, hindi ko ginawa.” Pagkatapos ay sinabi ng una, “Hindi ko rin ginawa.” Pareho ba silang nagsasabi ng totoo? (Oo.) Nagkakamali ka; nagsisinungaling ang isa sa kanila. Ano ang iniisip niya sa kanyang puso? “Hangal, iniisip mo bang hindi ko pa talaga ito nagagawa? Hindi ako ganoon kahangal! Kung hindi ko gagawin ang takdang aralin ko, mapaparusahan ako. Paanong hindi ko ito ginawa? Sinadya kong ipaisip sa iyo na hindi ko ito ginawa para hindi mo rin ito gawin. Sa huli, mapaparusahan ka, at mapanood kang napapahiya.” Masama ba ang batang ito? (Masama siya.) May sinuman ba sa inyong nakagawa na nang ganito? Narito pa ang isang halimbawa: Sa klase noong Lunes, sinabi ng isang estudyante na namili siya noong Linggo, habang sinabi naman ng isa pa na bumisita siya sa mga kaibigan. Sa realidad, pareho silang nag-aaral sa bahay. Lalo na sa isang kapaligirang matindi ang kompetisyon na gaya ng Tsina, sinasabi ang mga bagay na ito para hindi masyadong maging maingat ang kalaban mo at para mahigitan mo siya. Ito ang tinatawag na estratehiya. Pangkaraniwan ang ganitong mga bagay sa pang-araw-araw na buhay. Minsan ang mga magulang at mga anak ay may mga katulad na pag-uusap at nagbubunyag ng mga katulad na disposisyon, na puwede ring ibunyag ng mga magkakaibigan sa isa’t isa. Ang mga pagbubunyag ng disposisyong ito ay mapapansin sa lahat ng dako, kailangan mo lang maging mapagmatyag sa mga iyon. Bakit kailangan

mong magmatyag? Hindi ito para sa pangangalap ng materyal, walang katuturang pagdadaldalan, pakikipagtsismisan, o paggawa ng mga kuwento. Sa halip, ito ay upang mapabuti ang iyong pagkilatis, na magpapahintulot sa iyong ihambing ang iyong sarili sa ginagawa ng iba at sa ibinubunyag at ipinapakita nila, para makita mo kung nagpapakita ka ng mga parehong pag-uugali. Kapag nakakita ka ng isang taong nagpapakita ng ganitong uri ng pag-uugali, mauunawaan mong taglay niya ang disposisyong ito. Gayumpaman, kapag nagpapakita ka rin ng ganitong mga pag-uugali, magagawa mo bang makilala na nagtataglay ka rin ng disposisyong ito? Kung hindi mo ito kayang makilala, ang iyong pang-unawa sa kanyang disposisyon ay huwad: Hindi mo ito tunay na naunawaan, o sa ibang salita, wala kang espirituwal na pang-unawa, at hindi mo ito tumpak na naunawaan. Ang mga paksang ito ay hindi lubos na matatalakay sa loob ng ilang araw. Ang pagtalakay ng kaunti rito ay makakatulong sa inyong magkamit ng kaunti, at medyo lalalim ang inyong pang-unawa sa katotohanan. Kung tunay mong minamahal ang katotohanan, magkakaroon ka ng mas malalim na antas ng pagpasok. Ang lalim ng iyong karanasan at pagpasok ay hindi maihihiwalay sa iyong pang-unawa. Ang lalim ng iyong karanasan at pagpasok ay tiyak na magtatakda sa lalim ng iyong pang-unawa. Sa katulad na paraan, maipapakita rin ng lalim ng iyong pang-unawa kung gaano ka kalalim na nagdanas at nakapasok. Magkaugnay ang dalawang ito. Ito ang landas ng pagpasok sa katotohanan, at sa pamamagitan lang ng pagpasok sa katotohanan na makakapagtaglay ka ng realidad. Dito na natin tatapusin ang paksang ito at dadako na tayo sa pangunahing paksa ng pagbabahaginan sa araw na ito.

Isang Paghihimay Kung Paano Nililihis, Hinahatak, Pinagbabantaan, at Kinokontrol ng mga Anticristo ang mga Tao

I. Isang Paghihimay Kung Paano Inililihis ng mga Anticristo ang mga Tao

Noong huling pagtitipon, tinapos natin ang ating pagbabahaginan tungkol sa pang-apat na aytem ng iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo. Sa araw na ito, sisimulan natin ang pagbabahaginan tungkol sa panlimang aytem: kung paano nililihis, hinahatak, pinagbabantaan, at kinokontrol ng mga anticristo ang mga tao. May apat na pandiwang sangkot sa aspektong ito ng mga pagpapamalas ng mga anticristo, at mula sa apat na pandiwang ito at sa pag-uugali ng mga anticristo, makikita natin ang kanilang mga disposisyon. Ang unang pandiwa ay “nililihis.” Anong uri ng disposisyon ang nakapaloob dito? Ito ay kabuktutan. Ngayon, paano naman ang “hinahatak”? Kadalasan ba ay mga kaaya-aya o mga hindi kaaya-ayang salita ang ginagamit sa panghahatak? (Mga kaaya-ayang salita.) Kaya, anong uri ng disposisyon ang kumokontrol sa pag-uugaling ito? Kabuktutan. Paano naman ang “pinagbabantaan” at “kinokontrol”—anong disposisyon ang nag-uudyok sa mga ito? (Kalupitan.) Tama iyan, kalupitan. Mula sa panlimang aytem, makikita natin ang mga disposisyon ng mga anticristo. Ano ang mga pangunahing pagpapamalas ng mga anticristo sa aytem na ito? (Kabuktutan at kalupitan.) Ang

dalawang disposisyong ito ng kabuktutan at kalupitan ay parehong napakaprominente at malinaw. Isa-isa nating talakayin ang mga pag-uugaling ito, simula sa “nililihis.” Ano ang karaniwang kahulugan ng terminong “nililihis”? May sangkot ba ritong anumang pagpapamalas ng pagkamatapat? May anumang matapat na salita ba rito? (Wala.) Walang matatapat na salita rito—huwad ang lahat ng ito, paggamit ito ng mga huwad na impresyon, huwad na pahayag, at mga mapanlinlang na salita para mapaniwala ang iba na tama ang sinasabi ng isang tao, sa gayon ay hinihikayat ang iba na kilalanin at pagkatiwalaan siya. Ito ang ibig sabihin ng “nililihis.” Ang mga tao bang nalihis ay nagkakamit ng katotohanan o tumatahak sa tamang landas? Hindi nila nakakamit ang alinman sa mga bagay na ito. Ang pag-uugali at pagsasagawa ng panlilihis sa mga tao ay talagang negatibo sa halip na positibo. Ang mga taong nailihis ay talagang nalinlang; hindi nila nauunawaan ang mga aktuwal na katunayan, ang tunay na sitwasyon, o ang tunay na konteksto, at pagkatapos ay pinipili nila ang maling landas at direksyon, at ang maling tao para sundan. Ito ang epekto ng panlilihis sa mga taong nahuhulog dito. Katulad ito ng mga patalastas sa isang mall: Napakahusay ng pagkakasulat sa mga ito, at kapag nakikita ang mga ito ng mga tao, agad nila itong pinaniniwalaan, pero pagkatapos nilang bumili, napagtatanto nilang walang pakinabang ang mga produkto. Pagkakalinlang iyon. Kaya, ano ang balak sa likod ng pag-asal ng mga anticristo sa paraang nakakalihis ng mga tao? Ano ang mga paraang ginagamit nila, ano ang mga salitang sinasabi nila, at ano ang mga bagay na ginagawa nila upang manlihis ng mga tao? Pag-usapan muna natin ang balak nila. Kung wala talaga silang balak, kakailanganin ba nilang magsikap o magsabi ng mga kaaya-ayang bagay para manghatak at manlihis ng mga tao? May kasabihan ang mga walang pananampalataya, “Walang libreng tanghalian.” Kung hindi mo ito makikilatis, malilinlang ka. Ganito talaga kabuktot ang mundo, nagpapakana ang mga tao laban sa isa’t isa at inaabuso nila ang isa’t isa. Ganito ang buhay ng tiwaling sangkatauhan. Bakit pinagsisikapan ng mga anticristo ang pagsasalita nang paliguy-ligoy upang manlihis ng mga tao? Nagsasalita at kumikilos sila nang may malinaw na layunin, na makipag-agawan para sa kapangyarihan at kontrol sa mga tao—walang duda ito. Walang pinagkaiba ang mga layunin nila sa mga layunin ng mga politiko. Kaya, anong mga estratehiya ang ginagamit ng mga anticristo para manlihis ng mga tao? Paano nila ito ginagawa? Una, hinihikayat ka nilang magustuhan sila. Sa sandaling maganda na ang impresyon mo sa kanila, hindi ka na mag-iingat laban sa kanila: Pagkatiwalaan mo na sila, at pagkatapos ay tatanggapin mo na ang kanilang pamumuno at bukal sa loob kang susunod sa kanila. Magiging handa kang makinig sa anumang sabihin nila at anumang ipagawa nila sa iyo. Ano ang ibig sabihin ng kahandaang makinig na ito? Ibig sabihin nito ay hindi pagsasagawa ng pagkilatis, at pakikinig at pagsunod nang walang mga prinsipyo. Maisasakatuparan ba ng mga anticristo ang epekto ng panlilihis sa mga tao gamit ang mga salita o paraan ng pagkondena? Talagang hindi. Kaya, anong mga paraan ang karaniwan nilang ginagamit upang maisakatuparan ang epektong ito? Kadalasan, gumagamit sila ng mga salitang naaayon sa mga kuru-kuro ng tao pati na ng mga

doktrina ng sentimyento ng tao. Minsan ay nagsasalita rin sila ng ilang salita at doktrinang naaayon sa katotohanan. Ginagawa nitong madali para sa kanilang maisakatuparan ang layon nilang manlihis ng mga tao, at malamang din na tanggapin ang mga ito ng mga tao. Halimbawa, kapag ang mga kapatid ay may ginagawang mali, nagdudulot ng mga kawalan sa gawain ng iglesia, at negatibo ang pakiramdam at nanghihina, hindi nakikipagbahaginan sa katotohanan ang mga anticristo para suportahan at tulungan ang mga ito. Sa halip, sinasabi nila, “Karaniwang pangyayari sa mga tao ang manghina—normal ito. Madalas din akong mahina. Hindi tatandaan ng diyos ang mga bagay na ito.” Sa realidad, alam ba nila kung tatandaan ng Diyos ang mga bagay na ito o hindi? Hindi, hindi nila alam. Sinasabi nila, “Hindi mahalaga kung hindi napangasiwaan nang maayos ang bagay na ito. Itama mo na lang ito sa susunod. Hindi ito alam ng sambahayan ng diyos, at walang nagtatanong dito. Basta’t hindi ko ito iuulat sa nakakataas, hindi ito malalaman ng nakakataas na pamunuan, at tiyak na hindi ito malalaman ng ang itaas, at pagkatapos ay hindi rin ito malalaman ng diyos—samakatwid, hindi bibigyang-pansin ng diyos ang usaping ito. Tayong lahat ay mga tiwaling tao; may katiwalian ka, at ganoon din ako. Bilang lider, para akong isang magulang: Pananagutan ko ang anumang pagkakamaling nagagawa ninyo. Kasalanan ko ang pagkakaroon ng mababang tayog at na hindi ko nagagawang suportahan at tulungan kayo, na humantong sa inyong paggawa ng mga maling bagay. Kung may mas mataas na tayog ako, natulungan ko sana kayo, at hindi sana kayo nagkamali. Nasa akin ang pananagutan sa bagay na ito. Kahit na puwedeng nakapagdulot ito ng kaunting kawalan sa gawain ng iglesia, puwedeng tayo mismo ang magproseso nito, at doon na matatapos ang usaping ito. Walang dapat magtanong tungkol sa usaping ito, at walang dapat mag-ulat nito sa nakakataas; atin-atin na lang ito. Kung hindi ko ito babanggitin sa ibang kapatid, walang mag-uulat nito sa mga nakakataas, at kakalimutan na ang usaping ito. Kailangan lang nating magdasal at sumumpa sa harap ng diyos na hindi na natin kailanman uulitin ang ganitong bagay o ang ganitong pagkakamali. Bilang lider, may responsabilidad akong protektahan kayo. Napakatayog ng diyos—makatotohanan bang hilingin natin ang kanyang proteksyon? Isa pa, hindi pinagkakaabalahan ng diyos ang maliliit na bagay na ito sa buhay ng mga tao, kaya ang responsabilidad ng pagprotekta sa inyo ay lubos na nagiging pananagutan ko bilang isang lider. Mababa ang tayog ninyo, kaya aakuin ko ang pananagutan kung magkakamali kayo. Huwag kayong mag-alala, kung darating ang panahon na talagang magkakaroon ng problema, at matutuklasan o malalaman ng ang itaas ang tungkol dito, ipaglalaban ko kayo.” Kapag narinig ito ng mga tao, iisipin nila, “Mabuti ito! Alalang-alala ako na mananagot ako—napakabuti ng lider na ito!” Hindi ba’t nailihis na sila? May anumang bagay bang naaayon sa katotohanan sa sinabi ng mga anticristo? May anumang bagay bang kapaki-pakinabang o nakakapagpatibay sa mga tao? May anumang bagay bang nangangasiwa sa mga usapin batay sa mga prinsipyo? (Wala.) Kaya, anong uri ng mga salita ang mga ito? Ang mga ito ay mga salitang gumagamit ng mga sentimyento, pakikiramay, at kapatawaran ng tao upang bumuo ng

mga ugnayan, nagbibigay-diin sa mga damdamin at pakikipagkaibigan, para dalhin ang relasyon sa isang partikular na antas, ipinaparamdam sa mga tao na ang mga anticristo ay partikular na maunawain, partikular na mapagpatawad at mapagparaya sa mga tao. Pero walang mga prinsipyo o mga katotohanan dito. Ano ang mababaw na pang-unawang ito? Pagpapagaan lang ito sa mga bagay-bagay, para itong panunuyo ng isang bata. Anong mga estratehiya ang ginagamit dito? Pambobola, panlilinlang, pagbuo ng mga koneksyon, pagpapagaan sa mga bagay-bagay, at pagkukunwaring isang mabuting tao, lahat sa kapinsalaan ng mga interes ng mga kapatid, at pagkakanulo sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, upang maisakatuparan ang layon nilang manloko at manlihis ng mga tao. Ano ang pangwakas na kahihinatnan nito? Idinudulot nito sa mga taong lumayo sa Diyos, mag-ingat laban sa Diyos, at mas mapalapit sa mga anticristo. Kahit pagkatapos mailihis, sinasabi ng mga taong ito, “Pagkatapos ng pagkakamali kong iyon, alalang-alala ako. Maraming beses akong nagdasal sa Diyos, pero hindi Niya pinagaan ang loob ko. Nanghina at nabalisa ang puso ko, at wala akong mahanap na kalutasan sa Diyos. Pero ngayon ay ayos na ito; basta’t lalapit ako sa lider, malulutas ang lahat ng problema ko. Talagang napakasuwerte kong magkaroon ng ganoong lider. Ang lider namin ay mahusay kaysa sa sinuman!” Sa puntong ito, nalipat na ang kanilang mga puso at pananaw sa mga anticristo, at nakontrol na sila ng mga ito. Paano sila nakontrol ng mga anticristo? Dahil nakakahanap sila ng pakiramdam ng kapanatagan sa mga anticristong ito. Nakakatanggap sila ng pakikiramay, at sa kaibuturan ng puso nila ay nakakatanggap sila ng kasiyahan at kaginhawahan. Ipinapakita nito na nailihis na sila.

Dati, natuklasan ng ang Itaas na may isang taong may masamang pagkatao sa isang partikular na iglesia, na palaging gumagawa ng mga nakakagulo at nakakagambalang bagay nang walang anumang tanda ng pagsisisi, kaya sinabi nila sa lokal na lider ng iglesia na alisin ang taong ito. Nang marinig ito ng lokal na lider ng iglesia, naisip niya, “Alisin siya? Kailangan ko itong pag-isipan. Isa siya sa akin—hindi puwedeng basta-basta na lang ninyo siyang aalisin. Kailangan ko siyang ipaglaban. Hindi nauunawaan ng ang itaas ang tunay na kalagayan ng mga usapin. Talagang sobra naman ang subukan siyang alisin nang ganoon-ganoon lang. Masyado siyang masasaktan!” Sinabi niya na sang-ayon siyang alisin ang taong ito, pero sa kanyang puso, wala siyang layuning gawin iyon. Alam mo ba kung paano niya ito pinangasiwaan? Pinagbulayan niya ito, “Paano ko pakikitunguhan ang sitwasyong ito sa paraang ang mga taong nasa ilalim ko ay masisiyahan sa akin bilang lider nila at hindi ako kasusuklaman ng ang itaas?” Pagkatapos itong pag-isipan, nakabuo siya ng plano. Sama-sama niyang ipinatawag ang lahat para sa isang pagtitipon at sinabi, “Ngayong araw, may espesyal na usapin tayong pakikitunguhan. Ano ito? May isang taong hindi masyadong nagugustuhan ng ang itaas, at gusto nilang alisin ang taong ito. Kaya, ano ang dapat nating gawin tungkol dito? Pagpasyahan nating lahat kung aalisin natin ang taong ito o hindi sa pamamagitan ng botohan.” Binilang ang resulta ng botohan, at mga 80–90 porsiyento ng mga tao ang sumang-ayon na alisin ang taong ito, pero may ilang botong tutol. Hindi natin pag-uusapan

kung ang mga tutol na ito ay mga matibay na tagasunod ng masamang tao o kung ginawa nila ito sa ibang kadahilanan, anu't ano man, may ilang taong hindi sumang-ayon, at hindi nagkakaisa ang opinyon. Pagkatapos ay sinabi ng lider, "Sa pamamagitan ng botohan, napansin kong may mga magkakaibang tinig. Isa itong mahalagang usapin, at dapat nating igalang ang mga tinig na ito. Kailangan nating magsagawa ng demokrasya. Tingnan ninyo kung gaano kaganda ang Kanluraning sistemang demokratiko: Dapat din tayong magsagawa nang tulad niyon sa iglesia, dapat nating pagsikapan sa abot ng ating makakaya na magkaroon ng demokrasya at mga karapatang pantao. Ngayon, dahil may ilang botong tutol, hindi natin puwedeng alisin ang taong ito. Dapat nating igalang ang mga opinyon ng ating mga kapatid. Sino ang mga kapatid? Sila ay hinirang na mga tao ng diyos! Hindi natin puwedeng balewalain ang kanilang mga opinyon. Kahit na isa lang sa hinirang na mga tao ng diyos ang hindi sumasang-ayon, hindi natin puwedeng ituloy ang pag-aalis." Sa realidad, walang batayan ang sinabi niya, kailanman ay walang ganoong sinabi ang Diyos. Nagsasalita lang siya nang walang katuturan. Kalaunan, nang matuklasan ng ang Itaas na hindi pa rin naaalis ang masamang tao, pinamamadali nila ito sa lokal na lider. Nangako siya, na sinasabing "Sige, gagawin ko na ito." Ano ang ibig sabihin ng pangako niya? Ibig sabihin nito ay magpapaliban-liban siya. Inisip niya, "Hinihingi ninyo sa akin na alisin siya, pero hindi ko ito magagawa agad-agad. Malay natin, kung lumipas ang sapat na panahon, baka makalimutan na ninyo ang tungkol dito, at hindi ko na siya kakailanganing alisin." Kalaunan, sama-sama niyang ipinatawag ang lahat para sa isa pang pagtitipon at isa pang botohan. Sa pamamagitan ng pagbabahaginan at pagkilatis, naging malinaw sa lahat na kailangan talagang alisin ang taong iyon. Nabawasan ang mga botong tutol, pero may isa pa ring botong tutol sa pag-aalis sa taong iyon. Hindi na naman ito inalis ng lider, na sinasabi, "Hangga't may isang botong tutol dito, hindi natin siya puwedeng alisin." Naisip ng karamihan ng mga tao, "Kung iniutos ng ang Itaas ang pag-aalis, alisin mo siya. Sigurado namang nakikilatis ng ang Itaas ang usaping ito. Sigurado namang hindi sila nagkamali!" Isa bang prinsipyo ang pagpapasakop sa mga pagsasaayos ng ang Itaas? Ito ba ang katotohanan? (Oo.) Ang lider na ito ay hindi alam na ito ang katotohanan. Ano ang ginawa niya? Sinabi niya, "May isa pa ring botong laban dito, kaya hindi natin siya puwedeng alisin. Dapat nating lubos na igalang ang mga opinyon ng ating mga kapatid. Ito ang tinatawag na pinakamataas na karapatang pantao." Kalaunan, nang muling nagtanong ang ang Itaas tungkol sa usaping ito, patuloy silang pinakitunguhan ng lider sa isang pabasta-bastang paraan at patuloy na nagpaliban-liban. Sa huli, nang makita ng ang Itaas na hindi niya inaalis ang masamang tao, tinanggal at inalis din nila siya. Ginawa siyang lider ng ang Itaas, at hindi siya nakinig sa kanila; may awtoridad ang ang Itaas na gamitin siya at tanggalin siya—isa itong atas administratibo. Kasunod nito, inalis din ang mga kakampi niya. Kailangan bang pagbotohan ng lahat ang mga pagsasaayos ng ang Itaas? (Hindi.) Bakit hindi? Hindi ninyo maipaliwanag kung bakit; mukhang medyo katulad kayo ng naguguluhang lider na iyon, tama ba? Sabihin ninyo

sa Akin, ang mga salita bang ito na ibinabahagi Ko sa inyo ay mga doktrina o mga realidad? (Mga realidad.) Kung isasagawa at ipapatupad ng mga tao ang mga ito, magiging tumpak ba ito? (Oo.) Kung tumpak ito, kailangan ba itong pagbotohan ng lahat? (Hindi.) Makakaagrabyado ba ng isang tao ang ang Itaas sa pag-uutos na alisin siya? Talagang hindi. Kaya, nang iutos ng ang Itaas ang pag-aalis sa masamang taong ito, at tumanggi ang lider na isakatuparan ito, ano ang problema rito? (Lantarang paglaban.) Higit pa ito sa basta lantarang paglaban, paglikha ito ng nagsasariling kaharian. Nang iutos ng ang Itaas ang pag-aalis sa masamang tao, nagpaliban-liban ang huwad na lider at hindi niya ito isinatuparan, at nagdaos pa nga siya ng botohan at sinukat ang opinyon ng madla. Anong opinyon ng madla ang sinusukat niya? Ano ang opinyon ng madla? Ano ang karamihan? Nauunawaan ba o tinataglay ng karamihan ng mga tao ang katotohanan? (Hindi.) Karamihan ng mga tao ay ni hindi nagtataglay ng pagkilatis, kaya puwede ba silang maging mga taong nakakaunawa sa katotohanan? Sinukat pa nga ng lider na ito ang opinyon ng madla—talaga bang makakalutas iyon ng anumang problema? Kinakailangan ba ito? Ang karamihan ng mga tao ay walang pagkilatis, at personal na pinamahalaan at iniutos ng ang Itaas ang pag-aalis sa masamang tao, pero nagpaliban-liban ang anticristong ito at hindi niya inalis ang taong ito, kinakanlong at pinagtatakpan ang isang masamang tao, hinahayaan itong manatili sa iglesia at magdulot ng mga kaguluhan. Saanman may masasamang tao, may kaguluhan at kawalan ng kaayusan. Hindi nagagawa ng mga hinirang ng Diyos ang kanilang mga tungkulin nang normal, at hindi nakakausad ang gawain ng iglesia nang normal. Tanging ang agad na pag-aalis sa masasamang tao ang makakatiyak na uusad nang normal ang gawain ng iglesia. Gayumpaman, sa mga lugar kung saan may hawak na kapangyarihan ang mga anticristo, ang mga taong namiminsala sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, nagdudulot ng mga kaguluhan, kumikilos sa hindi makatwirang paraan, at gumagawa ng kanilang mga tungkulin nang walang kahit kaunting sinseridad, ay hindi maaalis. Ang mga anticristo ay nagwawala sa paggawa ng di-mabubuting bagay sa iglesia, kinakanlong at pinagtatakpan ang masasamang tao at hindi mananampalatayang iyon. Ano ang palusot nila sa paggawa nito? Ang palusot na mga opisyal sila, kaya sila ang dapat na maging mga panginoon ng ibang tao. Pinoporma nila ang kanilang sarili bilang mga opisyal sa sambahayan ng Diyos, at gusto nilang maging mga panginoon ng ibang tao. Sabihin ninyo sa Akin, sino ang panginoon ng tao? (Ang Diyos.) Ang Diyos at ang katotohanan ang Panginoon ng tao. Walang halaga ang mga anticristong iyon! Gusto nilang maging mga panginoon ng mga taong ito, pero ni hindi nila alam kung sino ang panginoon nila! Hindi ba't mga tampalasan sila? Ginagamit ng mga anticristo ang paraang ito upang sabihin sa mga tao: “Kaya kong maging panginoon ninyo. Kung kayo ay may anumang hinaing, anumang pagkadiskontento, o kung dumanas kayo ng anumang kawalang-katarungan o paghihirap, bilang lider ninyo, kaya ko itong ayusin para sa inyo.” Pagkatapos ay nalilihis ng mga anticristong iyon ang mga hindi nakakaunawa sa katotohanan o sa mga aktuwal na katunayan. Itinuturing sila ng mga

ito bilang mga ninuno at Diyos na susundin at sasambahin. Ano ang nararamdaman ng mga nakakaunawa sa katotohanan kapag nakakaharap nila ang ganoong mga anticristo? Nasusuklam at nandidiri sila sa mga ito, sinasabing, “Gusto mong maging panginoon namin at kontrolin kami? Manigas ka! Pinili ka namin bilang lider namin para akayin mo kami sa harapan ng Diyos, hindi sa harapan mo.” Ibig sabihin nito ay nakilatis na nila ang mga pakana ng mga anticristo. Ang mga anticristo ay nanlilihis ng mga tao sa palusot na pagiging mga panginoon ng mga tao, ipinapaisip sa mga tao na naaayon ito sa mga pangangailangan ng mga ito, emosyonal man ito, sikolohikal, espirituwal, o ibang pangangailangan. Ang mga taong hindi nakakaunawa sa katotohanan o sa mga aktuwal na katunayan ay madalas na nabibiktima ng panlilihis ng mga anticristo, hanggang sa puntong pagkatapos silang mailihis, hindi lang sa baka hindi na nila magawang magbago at makapagnilay-nilay, kundi baka magsalita pa nga sila para sa mga anticristong iyon at ipagtanggol ang mga ito. Ang katunayang kaya nilang magsalita para sa mga anticristo at ipagtanggol ang mga ito ay sapat na nagpapakita na tunay na silang nailihis—hindi ba’t ito ang kaso? (Oo.) Bakit nananampalataya ang mga tao sa Diyos? Hindi ba’t para magtamo ng kaligtasan? Kung susunod ka sa mga anticristo, hindi ba’t nilalabanan mo ang Diyos at ipinagkakanulo Siya? Hindi ba’t pumapanig ka sa mga puwersang mapanlaban sa Diyos? Kung ganoon, gugustuhin ka pa rin ba ng Diyos? Kung sa pangalan ay susunod ka sa Diyos, pero susunod ka naman sa isang tao, paano ka titingnan at tatratuhin ng Diyos? Kung tatanggihan mo ang Diyos, hindi ba’t itataboy ka Niya? Kung ni hindi nauunawaan ng mga tao ang kaunting doktrinang ito, mauunawaan ba nila ang katotohanan? Hindi ba’t magulo ang isip ng mga taong ito?

Hindi isang paminsan-minsang pagpapamalas ng mga anticristo ang panlilihis sa mga tao; madalas nila itong ginagawa, ito ang kanilang hindi nagbabagong prinsipyo sa pagkilos, o puwedeng sabihing ito ang kanilang batayan, paraan, at kalakaran sa paggawa ng mga bagay-bagay—ito ang hindi nagbabagong estilo ng kanilang mga kilos. Kung hindi, sino na lang ang titingala sa kanila? Una sa lahat, hindi nila nauunawaan ang katotohanan. Pangalawa, may masamang pagkatao sila. Pangatlo, wala rin silang may-takot-sa-Diyos na puso. Kaya paano nila nagagawang ganap na sumuko sa kanila, tumingala sa kanila, at humanga sa kanila ang mga tao? Sumasandig sila sa iba’t ibang diskarte at paraan upang magpasikat, ineengganyo ang mga taong tingalain at sambahin sila. Ginagamit nila ang mga paraang ito upang manlihig ng mga tao, binibigyan ang mga ito ng mga partikular na maling impresyon, ipinapakita sa mga ito na espirituwal sila, minamahal nila ang Diyos, nagbabayad sila ng halaga, madalas silang nagsasabi ng mga tamang salita at nagmumungkahi ng mga tamang teorya, at iniingatan nila ang mga interes ng mga kapatid. Pagkatapos, ginagamit nila ang mga maling impresyon na ito upang lumikha sa mga tao ng pakiramdam ng paggalang at paghanga, naisasakatuparan ang kanilang layong makapanlihig ng mga tao at mapasunod ang mga ito. Kapag nanlilihis sila ng mga tao nang ganito, naaayon ba sa katotohanan ang mga bagay na ginagawa nila? Bagama’t sinasabi nila ang lahat ng tamang bagay, tiyak na hindi

naaayon sa katotohanan ang mga bagay na ginagawa nila. Hindi makikita ng mga taong walang pagkilatis ang problema. Tungkol sa diwa ng panlilihing sa mga tao, dahil sa kanilang mga kilos ay nagiging mahirap para sa mga taong makita na hindi sila naaayon sa katotohanan. Kung makikita ito, hindi ba't mahahalata ng mga tao ang pandaraya nila? Sa realidad, ang ginagawa at ang ibinubunyag nila ay isang huwad na espirituwalidad. Kaya, ano ang pagpapamalas ng huwad na espirituwalidad? Marami sa mga pag-uugali, kilos, at kasabihang nabibilang sa huwad na espirituwalidad ay tila tama, pero sa totoo ay mga panlabas na kilos lang ang mga iyon, at walang kinalaman sa pagsasagawa sa katotohanan. Katulad lang ng mga Pariseong lumaban sa Panginoong Jesus: Hawak nila ang mga Kasulatan at nagdarasal sila nang malakas sa mga kanto, sinasabing "O panginoon ko..." ipinapakita sa mga tao ang kanilang debosyon. Ang resulta, sa panahon ngayon naging alternatibong termino na ang "Pariseo" para sa mga taong mapagpaimbabaw. Aling pang-uri ang nilalagay sa unahan ng Pariseo? Mapagpaimbabaw. Sa katunayan, kahit hindi sabihin ang "mapagpaimbabaw," hangga't nababanggit ang salitang "Pariseo," malalaman mo na hindi ito isang positibong salita—katulad ito ng "tampalasan" o "diyablo" at taglay ang parehong kahulugan. Tungkol sa huwad na espirituwalidad, sa panahon ngayon, kaunting tao lang ang tumatalakay sa espirituwalidad, at sa tuwing may magbabanggit sa espirituwalidad, ano ang dinaragdag nila sa unahan nito? (Huwad.) Tama, huwad. Sa karamihan ng mga kaso, ang mga pagpapamalas ng mga anticristo na nanlilihing sa mga tao ay talagang mga pagpapamalas ng huwad na espirituwalidad. Ang mga salita, kilos, at pag-uugaling nauugnay sa huwad na espirituwalidad ay tila medyo mabuti, medyo deboto, at naaayon sa katotohanan. Kapag nakikita nilang nanghihina ang isang tao, kinakalimutan nila ang pagkain nila at nagmamadaling suportahan ito. Kapag nakikita nilang ang isang tao ay may problema sa tahanan, pinababayaan na nila ang mga personal nilang usapin at nagmamadaling tulungan ito. Gayumpaman, ang kanilang pagtulong ay binubuo ng pagbanggit ng mga partikular na tamang salita o mga masarap pakinggan at nakakaunawang salita, pero pagkatapos ng napakaraming talakayan, hindi naman talaga nalulutas ang mga aktuwal na isyu ng taong iyon. Ano ang balak ng pagkilos nila nang ganito? Sadyang naaantig ang mga tao sa pag-uugali nila, at pakiramdam ng mga ito ay mabuti ang pagkakaroon ng ganitong lider na maaasahan sa mga panahon ng pangangailangan—talagang masaya ang mga ito. Samakatwid, masasabi na hindi lang gumagamit ang mga anticristo ng mga salita upang manlihing sa mga tao, kundi kasabay nito ay gumagamit din sila ng iba't ibang pag-uugali upang ilihing sa mga ito, upang mapaniwala ang mga tao na masyado silang espirituwal, pambihira, at karapat-dapat sa tiwala at pagsandig ng mga ito. Puwede pa ngang isipin ng ilan, "Parang masyadong abstrakto ang pananampalataya sa Diyos, pero ang pananampalataya sa aming lider ay praktikal. Lubos itong tunay at totoo: Mahahawakan at makikita mo siya, at kapag may mga bagay kang pinakikitunguhan ay puwede mo siyang tanungin at kausapin nang direkta. Talagang mabuti iyon!" Sa pagkakamit ng ganoong mga resulta, naabot ng mga anticristo ang mga layunin nila, pero ang mga

taong nailihis nila ay nauuwing miserable. Pagkatapos mailihis ng mga anticristo sa loob ng ilang panahon, kapag ang mga taong ito ay muling humarap sa Diyos, hindi na nila alam kung paano magdasal o buksan ang puso nila sa Kanya. Higit pa rito, kapag nagsasama-sama ang mga taong ito, sila ay nagbobolahan, nagkukunwaring espirituwal, at nanlilihis at nandaraya sa isa't isa. Sa huli, sinasabi pa nga ng mga anticristo, "Ang bawat kapatid sa ating iglesia ay nagmamahal sa diyos. Kapag nahaharap sa mga isyu, bawat isa sa kanila ay tumutugon nang tama sa sitwasyon—kahit na maaresto sila ng malaking pulang dragon, kaya nilang lahat na manindigan sa kanilang patotoo. Hindi magkakaroon ng kahit isang Hudan sa atin—tinitiyak ko ito!" Ang nangyari, nang maaresto sila, karamihan sa kanila ay naging Hudan. Hindi ba't isang grupo sila ng mga tampalasan? Ginagamit ng mga anticristo ang mga walang kabuluhang salita at isilogang ito upang lokohin, ilihis, at dayain ang mga kapatid. Karamihan ng mga tao ay hangal at ignorante, walang pagkilatis, at pinapayagan ang mga anticristo na umasal nang walang pakundangan. Matagal nang binigyang-diin ng mga pagsasaayos ng gawain mula sa ang Itaas kung paano pangangasiwaan ang mga sitwasyon kapag lumitaw ang mga iyon at kung anong gawain ang isasagawa, na ang layon ay tiyaking magagawa ng lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos ang kanilang mga tungkulin sa isang ligtas na kapaligiran. Kapag nagkaroon ng mga pag-aresto at pag-uusig, dapat na mabawasan ang mga kawalan hangga't maaari. Kung ang lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos ay maaaresto at makukulang, na ganap na mawawala ang kanilang buhay iglesia, hindi ba't hahantong ito sa kakulangan sa kanilang buhay pagpasok? Kapag hindi nakakakain at nakakainom ng mga salita ng Diyos sa kulungan, magiging husto ba ang pag-unlad ng buhay ng isang tao? Kaunting salita lang ng mga himno ang kaya nilang matandaan, at bawat araw ay nakasalalay ang kanilang buhay sa kaunting salitang iyon. Kapag nagdarasal sila sa gabi, nagagawa lang nila ito nang tahimik sa kanilang puso, at hindi sila nangangahas na igalaw ang kanilang mga labi. Ang tanging naiwan sa kanilang puso ay ang mga kaisipang tulad ng, "Huwag kang magkanulo, huwag kang maging Hudan, manindigan ka sa patotoo sa Diyos at luwalhatiin mo Siya, huwag mong sirain ang puri Niya," wala nang iba—ganoon lang kaliit ang taglay na tayog ng mga tao. Hindi isinaalang-alang ng mga anticristo ang mga bagay na ito. Bakit sila tinawag na mga anticristo? Inaabuso nila ang iba at pinipinsala ang mga kapatid nang walang pag-aatubili! Hinihingi ng mga pagsasaayos ng gawain mula sa ang Itaas na gawin ng mga tao ang tungkulin nila sa isang ligtas na kapaligiran at umiwas sa mga aksidente hangga't maaari, pero hindi sumusunod ang mga anticristo sa mga pagsasaayos ng gawain na ito kapag ginagawa nila ang kanilang mga trabaho. Sumisigaw at pikit-mata silang kumikilos ayon sa sarili nilang kalooban, ipinagwawalang-bahala ang seguridad. May ilang hangal na indibidwal na walang pagkilatis at nag-iisip, "Bakit ba palaging binabanggit ng ang Itaas ang seguridad? Bakit ba takot na takot sila sa mga aksidente? Ano ba ang dapat katakutan? Ang lahat ng bagay ay nasa mga kamay ng Diyos!" Hindi ba't kahangalan na magsabi ng ganoong mga bagay? Puwedeng mababa ang tayog mo, puwedeng wala

kang pang-unawa, at puwedeng hindi mo makilatis ang mga usapin, pero hindi ka puwedeng kumilos nang may kahangalan! Isinaayos ng ang Itaas kung paano dapat magtipon ang mga tao sa mga partikular na sitwasyon, at kung ano ang mga prinsipyong dapat nilang sundin—para saan ang lahat ng detalyadong pagsasaayos na ito? Ang mga ito ay talagang para protektahan ang mga hinirang ng Diyos, nang sa gayon ay makapagtipon-tipon sila at magawa nila nang normal at ligtas ang kanilang mga tungkulin. Ang seguridad ay nagbibigay-daan sa iyong patuloy na manampalataya sa Diyos, isabuhay ang iyong buhay iglesia at kumain at uminom ng mga salita ng Diyos nang normal. Kung maging ang iyong seguridad ay mawawala, kung maaaresto ka ng malaking pulang dragon, at sa kulungan ay hindi ka makakarinig o makakapagbasa ng mga salita ng Diyos, hindi ka makakaawit ng mga himno, at hindi ka makakadalo sa mga pagtitipon—paano ka pa rin makakapanampalataya sa Diyos? Baka maging isa ka lang mananampalataya sa pangalan lang. Walang pakialam ang mga anticristo sa mga usaping ito; wala silang pakialam sa buhay at kamatayan ng mga tao. Alang-alang sa pagbibigay ng kasiyahan sa sarili nilang mga ambisyon at pagnanais, hinihikayat nila ang lahat na tumindig at pikit-matang sumigaw, “Hindi kami natatakot sa mga pangyayari—nasa amin ang diyos!” Walang anumang nauunawaan ang mga hangal na tao at nalilihis ang mga ito ng mga salitang ito. Ang lahat ng tao ay may mga malabo at walang kabuluhang kaisipan, na nag-iisip, “Nananampalataya kami sa Diyos, at pinoprotektahan kami ng Diyos; kung may mangyari sa amin, may pahintulot ito ng Diyos.” Hindi ba’t walang kabuluhan ang mga salitang ito? Ganito kumilos ang mga anticristo at ang mga taong hindi nakakaunawa sa katotohanan. Kahit na maaaring ang mga kapatid ay hindi nakakaunawa, bilang mga lider na madalas nakikipagbahaginan sa mga pagsasaayos ng gawain, hindi ka dapat maging ignorante sa mga bagay na ito. Dapat mong isakatuparan ang gawain alinsunod sa mga pagsasaayos ng gawain at hindi dapat palaging gustuhing magsalita nang labis para bigyan ng kasiyahan ang mga ambisyon at pagnanais mo, iniisip pa nga na mas maraming taong nakikinig sa iyo, mas mabuti, at mas marami ang naroroon mas nagiging masigasig ang talumpati mo. Upang makuha ang loob ng mga taong nasa ilalim nila at mahikayat ang mga itong makinig sa kanilang direksyon, sama-samang tinitipon ng mga anticristo ang mga taong ito sa libreng oras ng mga ito, nang walang anumang pagsasaalang-alang sa seguridad ng kapaligiran, sa huli ay dinadala ang mga taong ito sa kanilang pagbagsak.

Ang mga anticristo ay bihasa sa pagsasabi ng mga dakilang bagay at sa paggamit ng ilang walang kabuluhan, huwad na espirituwal, at mga teoretikal na batayan upang manlihis ng mga tao. Marami na walang pagkilatis ang basta lang nakikinig sa kanila, at sumusunod ang mga ito sa mga anticristo paano man nila minamanipula ang mga ito, na nagreresulta sa gulo at pagkaaresto. Paano puwedeng lumitaw ang mga kaguluhang ito? Puwedeng sabihin ng ilan na ito ay dahil hindi pinrotektahan ng Diyos ang mga taong ito. Pero hindi ba’t pagrereklamo iyon tungkol sa Diyos? Hindi puwedeng isisi sa Diyos ang usaping ito. Pinahihintulutan ng Diyos na maranasan ng mga tao ang

Kanyang gawain sa iba't ibang sitwasyon. Kung isasakatuparan mo ang iyong pagsasagawa alinsunod sa mga prinsipyong batay sa mga pagsasaayos ng gawain, at kapag pinahihintulutan ng kapaligiran, kahit gaano pa karaming tao ang magtipon-tipon, makakakain at makakainom ka ng mga salita ng Diyos nang normal, mararanasan ang gawain ng Diyos, at magagawa ang mga tungkuling dapat mong gawin, pagkatapos ay aakayin ka ng Diyos at isasakatuparan Niya ang Kanyang gawain sa iyo. Kung lalabagin mo ang mga hinihingi galing sa ang Itaas at pikit-mata kang kikilos ayon sa sarili mong kalooban, at may mangyari, kahangalan at kamangmangan lang iyon. Hindi nilalayon ng Diyos na ipakulong ang lahat ng tao upang pinuhin sila. Ang Kanyang layunin ay ang maayos na makakain at makainom ng Kanyang mga salita ang bawat tao at makaranas ng Kanyang gawain. Gayumpaman, hindi ito nauunawaan ng mga anticristo. Pinaniniwalaan nila ang sarili nilang lohika, iniisip na sa pamamagitan ng proteksyon ng Diyos, walang dapat katakutan. Wala silang pang-unawa sa mga prinsipyo ng proteksyon ng Diyos at pikit-mata silang sumusunod sa mga patakaran, palaging nililimitahan ang Diyos. Maraming tao ang nalilihis nila at pikit-matang sumusunod sa kanila, ipinagwawalang-bahala ang mga pagsasaayos galing sa ang Itaas, at bilang resulta, may nangyayari—sila ay naaaresto at dumaranas ng pagpapahirap sa kulungan. Anong uri ng tayog ang taglay ng mga taong ito kapag nagkakaroon ng problema? May kaunting sigasig lang sila, nakakaunawa sila ng kaunting doktrina, at kaya nilang sumigaw ng ilang islogan, pero wala silang anumang kaalaman tungkol sa Diyos, wala silang tunay na pang-unawa, kaalaman, o karanasan sa katotohanan, at walang pang-unawa ng kung paano gumagawa ang Diyos upang iligtas ang mga tao. Sumasandig lang sila sa sigasig para sumunod sa Diyos at may kaunting determinasyon. Kaya ba ng mga taong may ganitong uri ng tayog na magbigay ng patotoo kapag sila ay naaaresto at nakulong? Talagang hindi. Sa sandaling magkanulo sila, ano ang mga kahihinatnan? Nagsisimula silang mag-isip, “Hindi ba’t makapangyarihan sa lahat ang diyos? Ang lahat ng bagay ay nasa kanyang mga kamay, kaya bakit hindi niya ako iligtas? Bakit hinahayaan niya akong magdusa nang ganito? May diyos nga ba talaga? Posible kayang nagkamali kami sa pagiging masyadong masigasig? Kung nailigaw kami ng aming mga lider, bakit hindi sila dinidisciplina ng diyos? Bakit kami dinala rito ng diyos? Bakit pinahintulutan niyang maharap kami sa ganitong pangyayari?” Nagsisimulang lumitaw ang mga reklamo, na agad sinusundan ng pagtatatwa sa Diyos: “Ang mga kilos ng diyos ay hindi naaayon sa kalooban ng tao. Puwedeng hindi palaging tama ang kanyang mga kilos, at puwedeng hindi naman talaga siya ang katotohanan.” Sa huli, pagkatapos magdusa nang labis at pagtiisan ito sa loob ng ilang panahon, kahit ang kaunting doktrinang kanilang nalalaman at ang kaunting sigasig na taglay nila ay naglalaho. Itinatatwa nila ang Diyos at nawawalan sila ng pananalig, nagiging Huday pa nga. Pagkatapos mapalaya sa kulungan, iniisip pa nga nila, “Ngayon ay hinding-hindi ko na ulit kailangang alalahanin ang mga pangyayari. Tingnan ninyo kung gaano kaganda ang kalagayan ng mga taong hindi nananampalataya sa diyos: Mayroon silang labis-labis na kalayaan doon sa labas.

Anong ginagawa natin na nananampalataya nang palihim? Kung ipinagbabawal ng bansa ang pananampalataya, itigil na lang natin ang pananampalataya.” Kalaunan ba ay kaya pa ring manampalataya sa Diyos ng ganoong mga tao? (Hindi na.) Bakit hindi na nila kaya? Hindi na sila gusto ng Diyos. Minsan ka lang pipiliin ng Diyos, at nawala na ang tsansa mo, kaya hindi ka na gugustuhin ng Diyos sa pangalawang pagkakataon. Ano ang pag-asa ng ganoong mga tao na magkamit ng kaligtasan? Wala, wala nang natitirang pag-asa. Ito ang kahihinatnan sa huli ay idinudulot ng mga anticristo sa pamamagitan ng pag-asal nang walang pakundangan at paggamit ng mga partikular na huwad na espirituwal na teorya upang manlihis ng mga tao, na nagdudulot sa mga itong maghangad ng panlabas na espirituwalidad at sigasig. Ano ang kinahinatnan? (Nasira sila.) Kung ililigtas man ng Diyos ang mga taong ito o hindi ay desisyon ng Diyos, pero kahit papaano sa ngayon, tila kapag umabot na sa puntong ito ang landas ng mga tao sa pananalig sa Diyos, ang mga kinabukasan at destinasyon nila ay talagang nasira. Kapag ang lahat ng ito ay nauwi rito, sino ang nagdulot nito? Ang mga anticristo ang nagdulot nito. Kung hindi sila masyadong pikit-matang kumilos sa halip ay kumilos sila alinsunod sa mga pagsasaayos ng gawain, pinangunahan ang mga kapatid alinsunod sa mga hinihingi galing sa ang Itaas, at dinala ang lahat ng tao sa harapan ng Diyos, hindi sana nangyari ang mga bagay na ito. May pag-asa pa rin ba sanang maligtas ang mga taong ito? (Oo.) Magkakaroon pa rin sana ng pag-asang maligtas ang mga taong ito. Dahil lubhang lumaki ang mga ambisyon at pagnanais ng mga anticristo, kung walang magpoprotekta sa kanila at makikinig sa kanila, pakiramdam nila ay nakakatamad at nakakainip ang buhay nila. Tinatrato nila ang mga taong iyon na naguguluhan na sumusunod sa kanila bilang walang halagang tauhan at mga laruang manipulahin, pinapasunod silang lahat sa kanilang halimbawa. Pakiramdam nila ay may kapabilidad sila at nagtataglay sila ng mga kasiyahan, at na sulit ang buhay na ito. Para bigyan ng kasiyahan ang kanilang mga ambisyon at pagnanais, ginagamit nila ang mga tinatawag na espirituwal at masarap-pakinggang salitang ito upang ilihis ang mga taong sumusunod sa kanila, at pagkatapos mailihis ang mga ito, ginagawang tumaliwas ang mga ito sa tunay na daan at sa mga salita ng Diyos, ilayo ang mga sarili nito sa Diyos at sumunod sa kanila, at tahakin ang landas ng mga anticristo. Ano ang pangwakas na resulta? Nasira ang mga kinabukasan at destinasyon ng mga taong ito, at nawala ang tsansa ng mga ito sa kaligtasan. Ano ang mga kahihinatnan kapag ang mga tao ay hindi nananampalataya nang maayos sa Diyos kundi sumusunod sa ibang tao? Naiinggit pa rin ba kayo sa sinumang parang espirituwal? (Hindi na.) Paano naman ang terminong “espirituwal”? Wala itong kabuluhan. Ang mga tao ay sa laman—sila ay mga nilikha. Kung tunay kang espirituwal, hindi na iiral ang iyong laman, at gaano ka na kaespirituwal kung ganoon? Hindi ba’t walang kabuluhang pananalita lang iyon? Kaya, nakita mo, walang batayan ang mismong terminong “espirituwal”; walang kabuluhang pananalita lang ito. Sa hinaharap, kung makakarinig ka ng isang taong nagsasabing naghahangad siya ng espirituwalidad, sabihin mo sa kanya, “Dapat mong hangaring maging isang matapat

na tao at ang pamumuhay sa harapan ng Diyos—mas makatotohanan iyon. Kung hahangarin mo ang espirituwalidad, wala itong patutunguhan! Huwag na huwag mong hahangarin ang espirituwalidad; hindi ito isang bagay na hinahangad ng mga tao—talagang wala itong batayan.” Sabihin ninyo sa Akin, pagkatapos manampalataya sa Diyos sa loob ng maraming taon, sino ang naging espirituwal na tao? Ang mga tanyag na tao at mga tagapagpaliwanag ng Bibliya ng mga relihiyon, espirituwal ba sila? Lahat sila ay mga mapagpaimbabaw, wala ni isa sa kanila ang espirituwal. Ginagamit ng mga taong nag-imbento ng terminong “espirituwal” ang walang kabuluhang salitang ito upang manlihis ng iba. Sila ay mga tampalasan at diyablo. Anong uri ng tao ang makakapagsabi ng ganoong mga walang kabuluhang bagay? May espirituwal na pang-unawa ba sila? (Wala silang espirituwal na pang-unawa.) Kung ni hindi mo maintindihan kung ano ang dapat hangarin ng mga tao kapag nananampalataya sila sa Diyos o kung saan sila dapat na mapabilang, mauunawaan mo ba ang katotohanan? Isa kang likas na nilikha, isang miyembro ng sangkatauhan na nagawang tiwali ni Satanas. Pagdating sa pagiging kabilang sa isang bagay, ikaw ay sa laman—iyon ang katangian ng mga tao. Siyempre, kung hinahangad mong maging sa laman, ikaw ay kay Satanas: Pagtahak iyon sa landas ng mundo. Ang mga taong nananampalataya sa Diyos ay dapat na maghangad sa katotohanan—tama iyon. Kung hinahangad ng mga taong maging espirituwal o magmistulang Diyos, maaabot ba nila ang bagay na ito? Kahit paano pa nila ito hangarin, wala itong saysay. Hindi ito ang tamang landas ng pananampalataya sa Diyos. Samakatwid, ang paghahangad na maging espirituwal o magmistulang Diyos ay isa lang islogan, isang huwad na espirituwal na teorya, na walang kaugnayan sa katotohanan. Kung nananampalataya ka sa Diyos at sumusunod ka sa Diyos, dapat mong isakatuparan nang maayos ang iyong tungkulin bilang isang nilikha, at magawang magpasakop sa Diyos at magbigay-lugod sa Kanya. Ito ang katotohanang realidad.

Kahit gaano pa karaming sermon ang pakinggan ng mga anticristo, hindi nila maunawaan ang katotohanan. Ang kanilang nauunawaan at kayang bigkasin ay pawang doktrina. Tinatanggap nila ang mga salitang kaya nilang arukin at tinatandaan at pinoproseso ang mga iyon sa kaisipan nila upang gawing mga espirituwal na doktrinang naaayon sa mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao, at pagkatapos ay walang pakundangang ipinapalaganap ang mga iyon, ipinapaliwanag ang mga iyon sa iba. Kapag naririnig ang mga ito ng mga taong walang espirituwal na pang-unawa at hindi nakakaunawa sa katotohanan, pakiramdam nila ay ganap na makatwiran ang mga ito at handa silang tanggapin ang mga ito. Bilang resulta, sila ay nalilihis at nagsisimulang sumamba sa mga anticristo. Doon nagkakaroon ng problema. Sa realidad, hindi talaga nauunawaan ng mga anticristo ang katotohanan. Kung pakikinggan mo nang mabuti at kikilatisin ang mga tinatawag na tamang salita nila, makikita mong ang mga iyon ay mga walang kabuluhang teorya na naaayon sa mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao. Siyempre, iniisip ng mga taong hindi nakakaunawa sa katotohanan na tama ang mga salitang ito at madali silang nalililang ng mga ito. Naranasan na ba ninyo ang ganoong mga

sitwasyon? Makakapagbigay ba kayo ng mga halimbawa? Kung makakapagbigay kayo ng mga halimbawa at malinaw na makikita kung paano nanlilihis ng iba ang mga taong bihasa sa pagbigkas ng mga salita at doktrina, pinatutunayan nitong nauunawaan ninyo at kaya ninyong gamitin ang mga iyon. Kung hindi kayo makapagbigay ng mga halimbawa, ipinapahiwatig nitong hindi pa ninyo nauunawaan ang mga iyon at hindi ninyo kayang gamitin ang mga iyon. Kapag nakipagkita kayo sa mga taong bihasa sa pagbigkas ng mga salita at doktrina, tiyak na hindi ninyo sila makikilatis. (Nalagay na ako sa ganoong kalagayan. Kapag nahaharap ang mga kapatid sa pagpupungos, pagtutuwid at pagdidisiplina, at hindi nila nauunawaan ang layunin ng Diyos, lumalapit sila sa akin upang maghanap. Ang totoo, hindi ko rin nauunawaan ang layunin ng Diyos o ang diwa ng mga usaping ito. Pero sinasabihan ko sila ng ilang walang kabuluhang salita, halimbawa, “Ang pagpupungos, pagtutuwid, at pagdidisiplina ay pawang pagmamahal ng Diyos at pagliligtas ng Diyos. Ganito tinutugunan ng Diyos ang ating mga tiwaling disposisyon.” Kahit habang sinasabi ito, nararamdaman kong hindi ko lubos na naipaliwanag sa kanila ang diwa ng kanilang problema, katulad ng kung bakit nahaharap sila sa pangyayaring ito, kung sa anong uri ng tiwaling disposisyon nasasailalim ang kanilang mga kilos at pagbubunyag o kung ano ang posibleng kalikasan ng mga ito, at kung ano ang layunin ng Diyos—hindi ko nagawang makipagbahaginan sa kanila sa mga bagay na ito at higit pa. Nagbanggit lang ako ng ilang tamang doktrina at masarap-pakinggang islogan, na talagang hindi nakakatulong sa kahit kanino.) Ito ay dahil ikaw mismo ay walang malinaw na pagkaunawa sa katotohanan, kaya hindi mo kayang lutasin ang mga tunay na problema ng iyong mga kapatid. Kaya, may pagkakaiba ba sa pagitan nito at ng panlilihis ng mga anticristo sa mga tao? Hindi tumutulong ang mga anticristo sa mga tao dala ng kagandahang-loob; ang motibo at intensyon nila ay ang ilihis at kontrolin ang mga ito. Kapag gumagawa ang mga anticristo ng ganitong mga bagay, at kapag sumisigaw sila ng mga islogan, tingnan mo ang pag-uugali nila at kung anong uri ng disposisyon ang ibinubunyag nila—ito ang susi sa pagkilatis sa mga anticristo. May ilang taong mababa ang tayog, at walang malinaw na pagkaunawa sa katotohanan. Puwedeng hindi maisakatuparan ng tindi ng kanilang paggawa ang mga kailangang resulta, pero wala silang motibo o intensyong manlihis o magkontrol ng mga tao. Gusto rin nilang akayin ang mga tao sa harapan ng Diyos—iyon nga lang ay kinakapos ang abilidad nila sa kanilang pagnanais. Kahit na hindi sila nagkamit ng mga malinaw na resulta, nakikita ng mga tao na tama ang mga layunin nila, na gusto nilang akayin ang mga tao sa harapan ng Diyos. Gayumpaman, ano ang layunin ng mga anticristo? (Ang makuha ang pagsang-ayon ng mga tao, at pakinggan at sundin sila ng mga tao.) Kaya, ano ang pagkakaiba ng sinasabi nila at ng taong kinakapos ang abilidad sa pagnanais nito? Ang taong kapos ang abilidad ay nagsasalita nang mula sa puso, pero hindi niya nakikilatis ang diwa at ugat ng problema; hindi niya ito malinaw na naibabahagi, at sa huli, hindi niya nalulutas ang isyu o natutustusan ang iba. Ngayon, ano ang mga salita ng isang anticristo? Galing ba ang mga ito sa puso

niya? (Hindi ito galing sa puso niya.) Malinaw na hindi ito galing sa puso niya: Puro kasinungalingan ang sinasabi niya. Bakit kailangan niyang magsabi ng mga kasinungalingan? Gusto ka niyang dayain at ilihis. Ang ibig niyang sabihin ay, “Natapos ko na ang gawaing dapat kong gawin bilang isang lider, naibahagi ko na ang dapat, at ang lahat ng sinabi ko ay tama. Kung hindi mo tatanggapin ang mga ito at hindi pa rin malulutas ang problema, kasalanan mo ito—huwag mo akong sisihin.” Hindi niya totoong gustong lutasin ang mga problema mo, kundi iniraraos lang niya ang gawain, wala siyang magawa kundi sabihin ang mga tamang bagay na ito para mapanatili ang katayuan niya. Labag sa loob niyang sinasabi ang mga bagay na ito, at kahit na sabihin niya ang mga ito, hindi niya ito ginagawa nang kusa—hindi ito ang tunay na laman ng puso niya. Samakatwid, kadalasan ay natututuhan ng ilang anticristo na magsabi ng ilang tamang salita, tinutulungan ang ibang taong mapagtagumpayan ang pagiging negatibo ng mga ito, pero kapag sila na mismo ang nahaharap sa pagpupungos o sila ay tinanggal, nagiging masyado silang negatibo, hindi nila nagagawang kilalanin nang lubusan ang kanilang sarili, at kinakailangan nilang sumandig sa mga kapatid upang tulungan sila. Nangyari na ba ito? (Oo.) Masyadong madalas nangyayari ang ganitong uri ng bagay. Ang mga salita at doktrinang palaging ipinangangaral ng mga anticristo sa iba ay ni hindi nakakatulong sa kanila. Kaya, sa kaibuturan ba nila nanggagaling ang mga salitang ito? Bunga ba ang mga ito ng mga aktuwal nilang karanasan? (Hindi.) Kung gayon, ang mga sinasabi nila ay mga salita at doktrina lamang, hindi repleksiyon ng tunay na tayog nila. Ang gawaing ginagawa nila para tulungan ang iba ay binubuo lamang ng paggamit ng mga panlabas na maling impresyon, kilos, at magandang pag-uugali para lang iraos ang gawain, para kilalanin, tanggapin, at sang-ayunan sila ng mga tao bilang lider. Sa sandaling kilalanin sila ng mga tao bilang lider ng mga ito, hindi ba’t sumusunod ang mga ito sa kanila? Kung sumusunod ang mga ito sa kanila, hindi ba’t nagkakaroon ng katayuan ang mga anticristo? Hindi ba’t kung gayon ay matatag na ang kanilang katayuan? Ito mismo ang pakay nila. May ilang lider at manggagawang walang pang-unawa sa katotohanan, at kinakapos ang mga abilidad nila sa kanilang pagnanais habang pinangangasiwaan ang kanilang gawain. Masasabi lang na isa itong tanda ng maliit na tayog nila at na hindi sila isang lider na pasok sa pamantayan. Pero kapag gumagawa ang isang anticristo, hindi niya isinasaalang-alang kung kaya niyang tulungan o suportahan ang mga kapatid o hindi. Iniisip niya lang ang sarili niyang katayuan at mga interes. Ito ang pagkakaiba ng dalawa: Magkaiba ang mga disposisyon nila. Samakatwid, kahit na nagsasabi ang anticristo ng maraming masarap-pakinggang salita, hindi sumasalamain ang mga ito sa kanyang realidad. Sinasabi niya ang mga ito nang labag sa kalooban niya; gumagamit lang siya ng ilang doktrina at islogan na tama sa panlabas, o ng mga salitang umaayon sa sentimyento ng tao, para payuhan ang mga tao at para lang lumitaw na may ginawa siya. Bakit kailangang lumitaw na may ginawa siya? Ito ay dahil kung makakakita siya ng isang taong negatibo o mahina at hindi niya ito tutulungan, sasabihin ng iba na hindi siya gumagawa ng aktuwal na gawain at hindi

niya tinutupad ang mga responsabilidad niya bilang isang lider. Dahil natatakot sa gayong mga paratang, wala siyang magawa kundi ang kumilos. Samakatwid, ang pakay niya ay hindi lang ang gawin ang kanyang mga tungkulin; natatakot siya na kung hindi siya agad darating kapag nahaharap ang mga kapatid sa mga paghihirap at tulungan at tustusan ang mga ito, na tinutupad ang kanyang mga responsabilidad, hindi na siya susuportahan ng mga ito. Sa susunod na halalan, baka hindi na siya piliin ng mga ito, at hindi na siya magiging tunay na lider, kundi sa halip ay magkakaroon na lang siya ng walang kabuluhang titulo. Ang pagkakaroon lang ba ng walang kabuluhang titulo ang ninanais ng kanyang puso? (Hindi.) Kaya, ano ang gusto niya? Gusto niya ng tunay na kapangyarihan at katayuan, gusto niyang panloob siyang sambahin, suportahan, at sundan ng mga kapatid. Samakatwid, pinagsisikapan niyang mahalal bilang lider sa bawat halalan—iyon ang pakay niya.

Ang ilang tinatawag na lider at manggagawa ay nagiging partikular na masigasig habang papalapit ang halalan, ibinabandera ang kanilang sarili sa lahat ng dako at umaasal nang hindi normal. Ang ganitong mga tao ay puwedeng kauri ng mga anticristo. Kung talagang kaya nilang kumilos nang ganito, kasuklam-suklam iyon! Ang isang taong tunay na nagtataglay ng konsensiya at katwiran ay natural na makokonsensiya sa kanyang puso kapag kumikilos nang may mga motibo at intensyon. Dahil napipigilan ng kanyang konsensiya at katwiran, mapagtatanto niyang hindi siya ganoon kasigasig dati, at malinaw na mapapansin ng mga tao ang biglaan niyang sigasig. Maging siya ay nasusuklam sa sarili niya, at mas gugustuhin niyang huwag na lang tumakbo sa halalan kaysa sa kumilos nang ganoon. Dahil napakaraming taon na niyang nananampalataya sa Diyos at nagkaroon na ng kaunting tayog at kahihiyan, sa huli, nagagawa niyang pigilan ang kanyang sarili. Pero ang mga anticristo ay hindi nagpipigil ng kanilang sarili; ginagawa nila ang gusto nila at kumikilos sila kung paano nila naisin. Mayroon silang mga ambisyon at iba't ibang motibo, mga layon, at pakana. Alam nila ang lahat ng ito sa kanilang puso, pero ipinagpipilitan pa rin nilang gawin ang mga bagay sa ganitong paraan, palaging iniisip ang sarili nilang reputasyon at katayuan. Pakiramdam nila ay masyadong malaking kawalan at hindi kapaki-pakinabang ang paggawa ng mga bagay para sa iglesia at para sa mga kapatid. Samakatwid, inuuna nila ang kanilang sarili sa lahat ng ginagawa nila, at sarili lang nila ang palagi nilang iniisip. Pagdating ng halalan, ginagawa nila ang makakaya nila para mangampanya sa lahat ng lugar, inililihis at hinahatak nila ang mga tao para piliin sila ng mga ito, at palihim pa ngang dinaragdagan ng ilang boto ang sarili nila sa gitna ng botohan. Hindi ba't kasuklam-suklam ang pagkilos ng mga anticristo sa ganitong paraan? Kung wala silang mga ambisyon, bakit magsisikap sila nang ganoon? Hindi ba't malinaw na pagkilos ito ng ambisyon? Sa sandaling may magbanggit na ambisyoso ang isang tao, walang positibo rito; walang dudang kasuklam-suklam at kahiya-hiya ang lahat ng ginagawa ng gayong mga tao. Ang lahat ng ginagawa ng mga anticristo ay huwad at mapanlinlang; palagi silang gumagamit ng mga pagkukunwari para manlihis ng mga tao. Nakikita ito ng mga taong hindi

nakakaalam ng katotohanan tungkol sa usaping ito at nag-iisip, “Labis nang nagsikap ang lider sa mga nagdaang ilang araw na ito, isinakripisyo ang tulog at pagkain, nagtrabaho nang umaga at gabi, nanguna sa lahat ng bagay. Malaki-laki na ang hirap niya, at napagod na nang husto kaya ang laki na ng ipinayat niya—nadagdagan pa nga ang mga uban niya.” Nakikita ito ng ilang kapatid at naaawa sila sa anticristo, at sa huli, sa panahon ng halalan, ibinoboto nila ito. Hindi ba’t naisakatuparan ng anticristo ang kanyang layon? (Oo.) Ito ang ibig sabihin ng magpakana at gumamit ng mga taktika, ito ang ibig sabihin ng pagiging buktot. Samakatwid, inililihis ng mga anticristo ang mga tao hindi lamang sa pamamagitan ng mga salita kundi sa maraming pagkakataon din ay sa pamamagitan ng mga kilos at pag-uugaling tahimik na nagpapahiwatig sa mga tao kung gaano sila kasigasig, gaano kamapagpasakop, at gaano kamapagmalasakit sa mga kapatid. Ginagamit nila ang mga tila mabuti at tamang pagpapahayag at mga panlabas na pagpapanggap na ito para paulit-ulit na sabihin sa mga tao, paulit-ulit na bigyang-diin, at ipaalam sa mga tao na sila ay mga lider na pasok sa pamantayan, mga mabuting lider na dapat tanggapin ng mga tao. Katulad lang ito ng mga halalan sa mga demokratikong bansa, kung saan nag-iikot-ikot ang mga kandidato at nagtatalumpati, nanghihikeyat, at nangangampanya sa lahat ng lugar. Nandaraya pa nga sila sa gitna ng proseso ng botohan. Pero hindi nahihiya ang mga taong ito; sinusunod nila ang paniniwalang “Dapat maging malupit ang isang tunay na lalaki.” Gumagamit sila ng anumang kinakailangang paraan para manalo sa halalan—ito ang kaisipan at pananaw ng mga walang pananampalataya. Ginagawa rin ba ito ng mga anticristong ito? Oo! Alang-alang sa kapangyarihan at katayuan, sa kaibuturan ng kanilang puso ang mga indibidwal na ito ay kumikilos nang napakasigasig at napakaalab sa lahat ng bagay, at pinipiga nila ang kanilang utak para magawa ang mga iyon. Talagang hindi sila kontento sa sitwasyon nila. Kaya, kung ang mga taong matindi ang sigasig sa kapangyarihan at katayuan, ibig sabihin, ang mga taong hindi makontrol ang kanilang mga ambisyon, ay kalaunang mahahalal bilang mga lider, hindi lamang sila sumusunod sa landas ng mga anticristo; baka maging mga anticristo pa nga sila mismo. May mga ambisyon ba kayo? Kaya ba ninyong kontrolin ang mga ambisyon ninyo sa saklaw ng pagkatao at katwiran? Kung kaya ninyong kontrolin ang mga iyon, makakaiwas kayo sa panganib ng pagsunod sa landas ng mga anticristo, at hindi kayo magiging anticristo at matitiwalag. Kung pakiramdam ninyo ay masyadong mataas ang mga ambisyon ninyo, na madalas kayong gumagamit ng anumang paraan alang-alang sa katayuan, at handa pa ngang isakripisyo ang pagkain at pag-inom, na handa kayong magtiis ng anumang pagdurusa, at handa pa ngang gumamit ng anumang kasuklam-suklam na paraan, kung umabot na kayo sa puntong wala na kayong kahihiyan at mahirap nang kontrolin ang inyong mga ambisyon, may problema—walang duda na anticristo nga kayo. Kung nagpapakita ka lang ng mga pagpapamalas ng isang anticristo, may pag-asa ka pa rin sa kaligtasan. Pero malayo ka na ba sa panganib? Hindi pa. Kung ipinakikita mo ang mga pagpapamalas na ito ng isang anticristo, ibig sabihin ay salungat ka pa rin sa Diyos, handang labanan at

tanggihan Siya sa anumang oras. O marahil, dahil may nagawa ang Diyos na hindi naaayon sa iyong mga kuru-kuro, baka siyasatin mo ang Diyos, magkaroon ng maling pagkaunawa sa Kanya, husgahan Siya, at magpakalat pa nga ng mga kuru-kuro tungkol sa Kanya. Pagkatapos ay maaaring tanggihan mo ang Diyos at tahakin ang sarili mong landas, at sa huli ay maititiwalag ka ng Diyos. Ang mga bagay na ibinubunyag mo sa anumang oras at saanmang lugar ay puwedeng kumatawan sa iyong disposisyon. Samakatwid, ang mga bagay na ibinubunyag mo sa lahat ng oras at sa bawat lugar ay ang mga pagbubunyag ng iyong disposisyon. Bakit palagi nating tinatalakay ang mga pagbabago sa disposisyon? Dahil ang isang taong hindi nagbabago ang disposisyon ay kaaway ng Diyos. Ang lahat ng anticristo ay lubhang hindi nagsisisi, nangangakong buong buhay silang sasalungat sa Diyos at maninindigan laban sa Kanya hanggang sa huli. Kahit na sa loob nila ay kinikilala nila ang pag-iral ng Diyos, na ang Diyos ang lumikha sa sangkatauhan, at na kayang iligtas ng Diyos ang sangkatauhan, dahil sa kanilang kalikasan, hindi nila kayang baguhin ang landas na kanilang tinatahak, ni baguhin ang diwa ng paglaban sa Diyos at pagiging mapanlaban sa Kanya.

Ang diwa ng pag-uugali ng mga anticristo ay ang palaging gamitin ang iba't ibang diskarte at pamamaraan upang matugunan ang kanilang mga ambisyon at pagnanais, upang ilihis at siluhin ang mga tao, at upang magkamit ng mataas na katayuan para sundin at sambahin sila ng mga tao. Posibleng sa kaibuturan ng kanilang mga puso ay hindi nila sinasadyang makipag-agawan sa Diyos para sa sangkatauhan, ngunit isang bagay ang tiyak: Kahit na hindi sila nakikipag-agawan sa Diyos para sa mga tao, nais pa rin nilang magkaroon ng katayuan at kapangyarihan sa gitna ng mga ito. Kahit na dumating ang araw na mapagtanto nila na nakikipagkompetensiya sila sa Diyos para sa katayuan, at magpigil man sila ng kanilang sarili nang kaunti, gumagamit pa rin sila ng iba't ibang pamamaraan para hangarin ang katayuan at reputasyon; malinaw sa kanila na sa kanilang mga puso ay magkakamit sila ng lehitimong katayuan, sa pamamagitan ng pagkamit ng pagsang-ayon at paghanga ng ilang tao. Sa madaling sabi, kahit na ang lahat ng ginagawa ng mga anticristo ay lumilitaw na paggampan ng kanilang mga tungkulin, ang bunga nito ay ang ilihis ang mga tao, pasambahin ang mga ito at pasunurin sa kanila—kaya nga, ang paggampan sa kanilang tungkulin sa ganitong paraan ay pagtataas at pagpapatotoo sa kanilang sarili. Ang kanilang ambisyon na kontrolin ang mga tao—at makakuha ng katayuan at kapangyarihan sa iglesia—ay hindi kailanman magbabago. Sila ay walang pasubaling anticristo. Kahit ano pa ang sabihin o gawin ng Diyos, at kahit anong hinihingi Niya sa mga tao, hindi ginagawa ng mga anticristo ang dapat nilang gawin o ginagampanan ang kanilang mga tungkulin sa paraang angkop sa Kanyang mga salita at kinakailangan, ni hindi rin nila isinusuko ang kanilang paghahangad ng kapangyarihan at katayuan bilang resulta ng pagkaunawa sa alinman sa katotohanan. Sa lahat ng pagkakataon, nananatili pa rin ang kanilang mga ambisyon at pagnanais, nananahan pa rin ang mga ito sa kanilang puso at kinokontrol ang kanilang buong pagkatao, pinangungunahan ang kanilang pag-uugali at saloobin, at

itinatakda ang landas na kanilang tinatahak. Sila ay totoong anticristo. Ano ang nakikita higit sa lahat sa mga anticristo? Ang ilang tao ay sinasabing, “Ang mga anticristo ay nakikipagpaligsahan sa Diyos upang magkamit ng mga tao, hindi nila kinikilala ang Diyos.” Hindi naman sa hindi nila kinikilala ang Diyos; sa kanilang puso ay tunay na kinikilala nila Siya at naniniwala sila sa Kanyang pag-iral. Handa silang sundan Siya at nais nilang hangarin ang katotohanan, ngunit hindi nila mapigilan ang kanilang sarili, kaya gumagawa sila ng kasamaan. Bagama’t maaaring nagsasabi sila ng mga bagay na maganda kung pakikikingan, isang bagay ang hindi kailanman magbabago: Hindi kailanman magbabago ang kanilang ambisyon at pagnanais para sa kapangyarihan at katayuan. Hindi nila kailanman isusuko ang kanilang paghahangad ng kapangyarihan at katayuan dahil sa kabiguan o balakid, o dahil isinantabi na sila ng Diyos o pinabayaan sila. Gayon ang kalikasan ng mga anticristo. Kaya anong masasabi mo, may anticristo na bang nagbago ng kanyang mga gawi at nagsimulang maghangad sa katotohanan dahil dumanas siya ng paghihirap, o nakaunawa siya ng kaunti sa katotohanan, at nagkaroon ng kaunting kaalaman sa Diyos—may ganoon bang mga tao? Hindi pa tayo kailanman nakakita ng ganoon. Hindi kailanman magbabago ang ambisyon at paghahangad ng mga anticristo sa katayuan at kapangyarihan, at sa sandaling makahawak sila ng kapangyarihan, hindi na nila ito kailanman bibitiwan; tumpak nitong natutukoy ang kanilang kalikasang diwa. Walang ni katiting na pagkakamali sa paglalarawan ng Diyos sa ganoong mga tao bilang mga anticristo; natukoy ito ng mismong kalikasang diwa nila. Marahil ay may ilang taong naniniwala na sinusubukan ng mga anticristong makipagkompetensiya sa Diyos para sa sangkatauhan. Gayumpaman, minsan ay hindi naman talaga kailangang makipagkompetensiya ng mga anticristo sa Kanya; ang kanilang kaalaman, pagkaunawa, at pangangailangan sa katayuan at kapangyarihan ay hindi tulad ng sa mga normal na tao. Ang mga normal na tao ay puwedeng maging hambog minsan; puwede nilang subukang makakuha ng pagkilala sa iba, subukang makapagbigay ng magandang impresyon sa mga ito, at subukang makipagkompetensiya para sa magandang posisyon. Ito ang ambisyon ng mga normal na tao. Kung tatanggalin sila mula sa pamumuno, mawawala ang kanilang katayuan, magiging mahirap ito para sa kanila, pero sa pagkakaroon ng pagbabago sa kanilang kapaligiran, sa kaunting paglago ng kanilang tayog, sa pagtatamo ng kaunting pagpasok sa katotohanan, o sa pagkakamit ng mas malalim na pagkaunawa sa katotohanan, unti-unting humuhupa ang kanilang ambisyon. Nagkakaroon ng pagbabago sa landas na tinatahak nila at sa direksiyong tinutungo nila, at naglalaho ang paghahangad nila sa katayuan at kapangyarihan. Pati ang mga pagnanais nila ay unti-unting nababawasan. Gayumpaman, naiiba ang mga anticristo: Kahit kailan ay hindi nila kayang isuko ang paghahangad nila sa katayuan at kapangyarihan. Sa anumang oras, sa anumang kapaligiran, at kahit sino pang mga tao ang nasa paligid nila at kahit gaano pa katanda ang mga ito, hindi kailanman magbabago ang kanilang ambisyon at pagnanais. Ano ang nagpapahiwatig na hindi kailanman magbabago ang kanilang ambisyon? Sabihin natin, halimbawa, na lider sila ng iglesia.

Sa kanilang puso, palagi nilang iniisip kung paano nila makontrol ang lahat ng tao sa iglesia. Kung ililipat sila sa isa pang iglesia kung saan hindi sila ang lider, masaya ba silang maging normal na tagasunod? Tiyak na hindi. Iisipin pa rin nila kung paano magkakamit ng katayuan, at kung paano kontrolin ang lahat ng tao. Saan man sila magpunta, ninanais nilang mamuno na parang hari. Kahit na ilagay sila sa isang lugar na walang mga tao, sa isang kawan ng mga tupa, gugustuhin pa rin nilang mamuno sa kawan. Kung isasama sila sa mga aso at pusa, gugustuhin nilang maging hari ng mga aso at pusa, at maghari sa mga hayop. Nilalamon sila ng ambisyon, hindi ba? Hindi ba't malademonyo ang mga disposisyon ng ganoong mga tao? Hindi ba't mga disposisyon ito ni Satanas? Ganoon lang talaga si Satanas. Sa langit, ninais ni Satanas na maging kapantay ng Diyos, at pagkatapos itapon sa lupa, palagi nitong sinusubukang kontrolin ang tao, para sambahin ito ng tao at ituring itong Diyos. Palaging ninanais ng mga anticristo na kontrolin ang mga tao dahil mayroon silang satanikong kalikasan; namumuhay sila ayon sa kanilang satanikong disposisyon, na lumagpas na sa katwiran ng mga normal na tao. Hindi ba't medyo abnormal ito? Ano ang tinutukoy ng abnormalidad na ito? Ibig sabihin nito ay hindi dapat makita sa normal na pagkatao ang pag-uugali nila. Kaya, ano ang pag-uugaling ito? Ano ang kumontrol dito? Kinontrol ito ng kanilang kalikasan. Taglay nila ang diwa ng isang masamang espiritu, at hindi katulad ng normal na tiwaling sangkatauhan. Ito ang pagkakaiba. Ang katunayang gagawin ng mga anticristo ang lahat para sa paghahangad nila sa kapangyarihan at katayuan ay hindi lamang naglalantad sa kanilang kalikasang diwa, kundi nagpapakita rin sa mga tao na ang kasuklam-suklam nilang mukha ay ang mismong mukha ni Satanas at ng mga demonyo. Hindi lamang sila nakikipagkompetensiya sa mga tao para sa katayuan, nangangahas din silang makipagkompetensiya sa Diyos para sa katayuan. Makukontento lang sila kapag naagaw na nila ang hinirang na mga tao ng Diyos at ganap nang napasailalim ang mga ito sa kanilang pagkontrol. Kahit pa sa aling iglesia o grupo ng mga tao nabibilang ang mga anticristo, gusto nilang magkaroon ng katayuan, humawak ng kapangyarihan, at mapasunod ang mga tao na makinig sa kanila. Pumapayag man o sumasang-ayon ang mga tao, gusto ng mga anticristo na sila ang may huling pasya at na sundin at tanggapin sila ng mga tao. Hindi ba't kalikasan ito ng isang anticristo? Payag ba ang mga taong makinig sa kanila? Inihahalal at nirerekomenda ba sila ng mga ito? Hindi. Pero gusto pa rin ng mga anticristo na sila ang may huling pasya. Sumasang-ayon man ang mga tao o hindi, gusto ng mga anticristong magsalita at kumilos para sa mga ito, gusto nilang mapansin. Sinusubukan pa nga nilang ipilit sa mga tao ang mga ideya nila, at kung hindi ito tatanggapin ng mga tao, pipigain ng mga anticristo ang utak nila sa pagsubok na ipatanggap ito sa mga tao. Ano ang problemang ito? Kawalan ito ng kahihiyan at pagiging garapal. Ang ganitong mga tao ay mga tunay na anticristo, at mga lider man sila o hindi, mga anticristo pa rin sila. Taglay nila ang kalikasang diwa ng isang anticristo.

May ilang tao na palaging naglalagay ng malaking importansiya sa pagtuklas kung sino ang mga lider ng iglesia, kung sino ang sangkot sa pangangaral ng ebanghelyo,

kung saan nakatira ang lahat ng ito, kung sino ang malalapit sa mga ito, at iba pa. Gaya ng mga tagapagmanman ni Satanas, palagi nilang inuusisa at inaalang ang mga bagay na ito. Bakit palagi silang interesado sa mga bagay na ito? Maraming tao ang hindi makaarok sa mga motibo nila; pakiramdam lang nila na medyo kakatwa ang mga indibidwal na ito. Karamihan ng mga tao ay hindi interesado sa mga bagay na ito; abala na sila sa mga sarili nilang tungkulin at walang panahon para manghimasok. Nakatutok sila sa paggawa ng mga sarili nilang tungkulin at nakatuon sa pagsasagawa sa katotohanan, at hindi nila namamalayan, nagbabago na ang kanilang mga disposisyon—biyaya ito ng Diyos. Gayumpaman, may isang uri ng tao na masyadong masigasig sa pag-uusisa at pagtuklas sa lahat ng uri ng bagay tungkol sa iglesia. Kapag nakakatagpo siya ng isang lider, tinatanong niya, “Paano ninyo pinangasiwaan ang masamang taong si Ganito-at-ganyan sa iglesia?” Sumasagot ang lider, “Dapat mo bang malaman kung paano namin ito pinangasiwaan? Bakit inuusisa mo ito? Kilala mo ba ang taong iyon?” Sinasabi ng taong iyon, “Interesado lang ako, alam mo na? Usapin ito ng sambahayan ng diyos. Bilang mga miyembro ng sambahayan ng diyos, dapat maging masigasig tayo at pagtuunan natin ng pansin ang mga usapin ng kanyang sambahayan. Paano tayo magiging walang pakialam sa mga iyon?” Sinasabi sa kanya ng lider, “Hindi mo dapat usisain ang bagay na ito. Pagtuunan mo ang pakikinig sa mga sermon at pagdalo sa mga pagtitipon. Ang pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos ang wastong gawain mo. Sapat na para sa iyong manampalataya nang maayos sa Diyos.” Ipinagpipilitan ng taong iyon, “Hindi puwede iyon, kailangan kong maging interesado.” Dahil walang sumasagot sa kanya, iniisip niya kung saan siya pupunta at mag-uusisa. Nang mag-host ang mga nakakataas na lider ng pulong ng magkakatrabaho sa bahay ng mga ito, pakiramdam niya ay tila medyo hindi makatwiran na pumasok at makisali, kaya nagpanggap siyang magdadala ng tubig, at nagtanong kung ang masamang taong iyon ay pinatalsik o pinayagang manatili. Nang walang sumagot sa kanya, lumabas siya at iniawang nang kaunti ang pinto, palihim na nakikinig doon. Hindi ba’t may sakit sa pag-iisip ang taong ito? Oo, may sakit ito sa pag-iisip; sa kolokyal na salita, pagiging “pakialamero” ang tawag natin dito. Tiyak na may mga ambisyon ang gayong tao. Gusto niyang maging lider, pero hindi niya magawa, kaya nanghihimasok siya sa mga usapin ng iba upang palubagin ang loob niya, at kasabay niyon, sinisiguro niyang makikita ng mga tao na marami siyang alam at may pambihira siyang kabatiran. Sa ganitong paraan, puwede siyang mapili bilang lider sa hinaharap. Upang maging isang lider, gusto niyang makibahagi sa lahat ng bagay, magtanong tungkol sa lahat ng bagay, at malaman ang lahat ng bagay. Naniniwala siyang sa pamamagitan ng pakikisangkot sa mga bagay na ito sa araw-araw, kahit na hindi siya maging isang lider, magiging tagapangasiwa pa rin siya ng mga bagay, at masisiguro niyang titingalain siya ng mga tao. Wala siyang kahit kaunting interes sa katotohanan; interesado lang siya sa panghihimasok sa mga usapin ng ibang tao—nagpapakadalubhasa siya sa pag-uusisa sa mga bagay na gusto niyang malaman. Saanman may isyu, nandoon siya, umaaligid na parang isang nakakayamot

na langaw. Hindi ba't kasuklam-suklam ang ganitong mga tao? Ganito katindi ang kaguluhan ng isip nila, pero napakasigla naman nila—hindi lang nila naiisip na gumawa ng anumang wastong gawain. Ginagawa nila ang tungkulin ng pagpapatuloy ng mga tao sa kanilang tahanan, pero ayaw nilang lampasuhin ang sahig ng kusina kahit na marumi na ito. Naniniwala silang nangangasiwa sila ng mahahalagang bagay, at ang paglalampaso ng sahig ay isang bagay na ginagawa ng mga karaniwang tao. Sa uri ng kakayahan nila ay hindi sila puwedeng gumawa ng gayong mabababang gawain. Hindi talaga sila gumagawa ng anumang tunay na gawain, hindi nila kayang pangasiwaan ang gawaing bahagi ng sarili nilang tungkulin, hindi nila kayang gampanan nang mabuti ang anumang tungkulin, at hindi nila ginagawa ang mga bagay nang sinsero o sa isang praktikal na paraan; sa halip, sabik silang mag-usisa sa gawain ng iglesia, pati na sa mahahalagang bagay na may kinalaman sa mga lider, manggagawa, at kapatid sa iglesia. Gusto nilang ibigay ang opinyon nila sa lahat ng bagay, at kung ayaw makinig sa kanila ng mga tao, sinasabi nila, "Kung hindi ka makikinig sa mga sinasabi ko, magdurusa ka ng kawalan!" Hindi ba't wala ito sa katwiran? (Oo.) Samakatwid, ang ilang anticristo ay nakatago; hindi naman talaga nila kailangang magkaroon ng katayuan. Kahit na wala silang katayuan, nagkukumahog pa rin sila. Kung magkakaroon sila ng katayuan, magiging gaano pa sila kalubha? Gaano pa kataas ang lulundagin nila? Kahit na ikamatay nila ang pagkahulog ay ayos lang sa kanila. Sabihin ninyo sa Akin, kung mapipiling mga lider ang gayong mga tao, magkakaroon kaya ng masayang buhay ang mga hinirang ng Diyos? Ang ilang anticristo ay nakatago—ano ang ibig sabihin nito? Ibig sabihin nito, hindi nagiging anticristo ang mga anticristo kapag nagkaroon sila ng katayuan; sa simula pa lang ay mga anticristo na sila. Iyon nga lang ay mababa ang tayog ng mga tao at hindi nila nakikilatis ang mga ito, o marahil may ilang iglesia na hindi makahanap ng mga taong naghahangad sa katotohanan, pinipili nila ang mga masigasig na taong ito na kayang magplano ng mga bagay-bagay at mag-asikaso ng mga gawain bilang mga lider nila. Sa ngayon, huwag nating talakayin kung tama o mali ang pagpili sa kanila bilang mga lider; pagtuunan natin kung ano ang dapat gawin sa sandaling matuklasang mga anticristo sila. Dapat silang malantad at matanggihan. Kung malalarawan na anticristo ang isang tao at matatanggal sa kanyang posisyon, dapat bang mapili ulit ang gayong tao bilang lider sa hinaharap? (Hindi, hindi dapat.) Bakit? (Hindi magbabago ang kalikasan niya.) Ang sinumang malalarawan bilang isang anticristo ay hindi na dapat muling mapili bilang lider dahil hindi magbabago ang kanyang kalikasang diwa. Ang mga anticristo ay nagtatrabaho lang kay Satanas; mga alipin lang sila ni Satanas. Hindi sila kailanman gagawa ng anumang bagay o magsasabi ng anumang bagay alang-alang sa katotohanan. Ang diwa ng isang anticristo ay ang maging mapanlaban sa Diyos, maging tutol sa katotohanan, at tanggihan ito at tratuhin ito nang may panghahamak. Hindi magbabago ang kalikasan niya. Kung hindi pa nagiging lider ang ganitong mga tao, hindi sila dapat mapili, at kung dati na silang naging lider pero natanggal, magbabago ba sila kung magiging mga lider ulit sila sa

hinaharap? (Hindi, hindi sila magbabago.) Mga anticristo pa rin sila. Natutukoy ito ng kalikasang diwa nila.

II. Isang Paghihimay Kung Paano Hinahatak ng mga Anticristo ang mga Tao

Katatapos lang nating talakayin ang mga pagpapamalas ng panlilihis ng mga anticristo sa mga tao. Halos iisa lang ang ibig sabihin ng panlilihis at panghahatak, pero nagkakaiba ang mga ito kapwa sa kalikasan at sa pamamaraan. Ang panlilihis ay paggamit ng mga pagkukunwari para magligaw ng mga tao, pinapaniwala sila na totoo ang mga iyon. Ang panghahatak ay sadyang paggamit ng ilang paraan para mahikayat ang mga taong pakinggan ang isang partikular na tao at sundan ang landas nito—napakalinaw ng intensyon nila. Ang panlilihis at panghahatak ay may kaakibat na paggamit ng tila mga tamang salita upang manlihis ng mga tao, pagsasabi ng mga bagay na naaayon sa mga kuru-kuro ng tao at na agad na tinatanggap ng mga tao upang ilihis ang mga ito. Hindi namamalayan ng mga tao na nagsisimula na ang mga itong maniwala at sumunod sa kanila, pumanig sa kanila at sumapi sa grupo nila. Sa ganitong paraan, inilalayo ng mga anticristo ang mga tao sa isang tamang grupo ng mga tao at papunta sa sarili nilang kampo. Sa madaling salita, kung tatanggapin ng mga tao ang gayong mga kilos ng mga anticristo, maaaring paniwalaan at sambahin nila ang mga anticristo, at pagkatapos ay tanggapin at sundin ang lahat ng sinasabi ng mga anticristo, hindi namamalayang nagsisimula na silang sumunod sa mga ito. Hindi ba't naloko at nalinlang na sila? May ilang anticristo na madalas gumamit ng mga partikular na taktika upang maisakatuparan ang kanilang mithiing manlihis at manghatak ng mga tao habang nakikisalamuha at nakikipag-usap sa mga ito, na nagreresulta sa mga pagkakahati-hati, paksiyon, at pangkat sa loob ng iglesia. Halimbawa, kung ang isang anticristo ay galing sa Timog at makakatagpo ng isa pang taga-timog, maaaring sabihin ng anticristo, "Pareho tayong taga-Timog: Lumaki tayong umiinom ng tubig mula sa iisang ilog, at pareho ang wika natin. Hindi natin kapareho ng wika ang mga taga-Hilaga—imposible tayong mapalapit sa kanila! Bagama't iisa ang diyos na pinananampalatayanan natin, ang mga gawi nila sa buhay bilang mga taga-Hilaga ay naiiba sa atin, at hindi magkatugma ang mga personalidad natin. Wala tayong mapapag-usapan. Kaya, ikaw at ako ay parang magkapamilya na at kailangan nating magkaisa." Maaaring tila makatwiran ito, na parang nagpapahayag lang siya ng isang partikular na pananaw, ngunit may motibo at pakay ang pagsasabi niya rito, at dapat na maging mapagkilatis ang mga tao. Sa realidad, ang sinasabi ng anticristo ay hindi ang nilalaman ng puso niya; isa siyang hunyango, ibinabagay ang kanyang mga salita depende sa taong kausap niya. Kapag mga taga-Hilaga ang nakakatagpo ng anticristo, maaari niyang sabihin, "Ang ganda ng Hilaga; sariwa ang hangin doon. Bagama't ipinanganak ako sa Timog, lumaki akong umiinom ng tubig ng hilaga. Kahit paano ay magkalapit na tayo dahil doon!" Kapag narinig ito ng mga taga-Hilaga, maaaring maramdaman ng mga itong medyo mabuting tao ang

anticristo at magsisimulang makisama sa kanya. Lubhang bihasa ang anticristo sa panlilihis ng mga tao at panghahatak sa mga ito, gumagamit ng iba't ibang taktika upang hatiin ang iglesia, na nagdudulot sa mga taga-Timog at taga-Hilaga na bumuo ng magkakaibang grupo, lahat para sa sariling pakinabang ng anticristo, upang maisakatuparan ang mithiin niyang magtipon at bumuo ng sarili niyang puwersa ng paksiyon. Lalo na sa panahon ng mga halalan sa iglesia, kung makikita ng anticristo na maaaring mahalal ang isang kapatid na taga-Hilaga, gumagawa siya ng mga pailalim na operasyon, palihim na pinapalitan ang mga boto, at sa huli, ang lahat ng nahahalal na lider ng iglesia at mga diyakono ay galing sa Timog. Ginagawa ng mga anticristo ang lahat upang ilihis ang mga tao at hatakin ang mga ito, nagdudulot ng mga pagkakabaha-bahagi at paksiyon at ginagamit ang mga pamamaraang ito upang hatiin at kontrolin ang iglesia. Ano ang layunin nila sa paggawa nito? (Ang magtatag ng sarili nilang nagsasariling kaharian.) Ano ang kalikasan ng pagtatatag ng isang nagsasariling kaharian? Ibig sabihin nito ay pagiging hindi maipagkakasundo kay Cristo, inaangkin ang hinirang na mga tao ng Diyos para sa kanilang sarili, at lumalaban sa Diyos bilang kapantay Niya. Hindi ba't parang pagtatanghal ito ng isang katunggaling palabas na laban sa Diyos? (Oo.) Iyon mismo iyon. Kaya, ano ang mga kahihinatnan ng pagkilos ng mga anticristo nang ganito? Lubhang nagagambala at nagugulo ng kanilang mga kilos ang gawain ng iglesia, at direktang sinasalungat ng mga ito ang disposisyon ng Diyos. Poot ang itutugon sa kanila ng Diyos, at ang lahat ng gayong anticristo ay tiyak na haharap sa kaparusahan at pagkawasak—walang duda rito. Noong Kapanahunan ng Kautusan, ang 250 na lider na humusga kay Moises ay tumanggap ng direktang kaparusahan. Noong Kapanahunan ng Biyaya, ang mga taong nagpako sa krus sa Panginoong Jesus ay humarap din sa direktang kaparusahan; isinumpa sila at masama ang naging kamatayan nila. Ito ang kalalabasan ng paglaban ng mga anticristo sa Diyos at ang tiyak na katapusan para sa mga taong lumalaban sa Diyos.

Paano gumagamit ang mga anticristo ng iba't ibang pamamaraan upang manghatak ng mga tao para hatiin ang iglesia? Una, manghatak ang isang anticristo ng mga taong may mga kaloob at mahusay magsalita, binibigyan muna ng magandang impresyon ang mga taong ito, pinalalawak ang saklaw ng sarili niyang puwersa sa pamamagitan ng pakikipagkaibigan. Hindi niya papansinin o maaari pa nga niyang ibukod ang mahihirap na tao o ang mga tao na mas mahina ang kakayahan o na medyo mga taong totoo. Kung sinuman ang may katayuan at kayamanan sa lipunan, mag-iisip siya ng paraan upang makuha ang loob ng mga taong ito, habang ang mga kapatid na sinserong gumugugol ng kanilang sarili ngunit kaunti lang ang pera, o ang mga taong mababa ang katayuan sa lipunan, walang maipagmamalaking puwersa, at madaling maapi ng iba, ay tutukuyin bilang segunda-klaseng mamamayan sa iglesia. Sa ganitong paraan, ang isang iglesia na may ilang dosenang miyembro ay hindi mapapansing nahahati sa dalawang uri ng tao. Sino ang may kagagawan nito? (Ang mga anticristo.) Gagawin ng mga anticristo ang ganoong mga bagay. Kung matutuklasan ng isang mabuting lider na

tunay na nakauunawa sa katotohanan ang ganitong sitwasyong lumilitaw sa loob ng iglesia, gagamitin niya ang katotohanan upang lutasin ito. Hindi niya hahayaang mapaghiwa-hiwalay ang mga tao sa iglesia ayon sa posisyon o mauri batay sa katayuan ng mga ito sa lipunan, hindi rin niya hahatiin ang iglesia. Titiyakin niyang ang lahat ng kapatid, saan man nagmula ang mga ito o may anumang katayuan man ang mga ito sa lipunan, ay nagkakaisa sa mga salita ng Diyos at sa harapan ng Diyos. Ang mga anticristo naman, sa kabilang banda, bukod sa hindi na nila nilulutas ang gayong mga problema, ginagamit pa nga nila ang mga tiwaling disposisyon ng mga tao upang maisakatuparan ang mga mithiin nila. Hinahanap nila ang mga taong may katayuan sa lipunan at may kayamanan at hinahatak nila ang mga ito. Paano nila hinahatak ang mga ito? Maaari nilang sabihing, “Ang katayuan mo sa lipunan ay isang pagpapala mula sa diyos na iniatas ng diyos. Dapat mong gamitin ang kalagayan mo upang tuparin ang iyong tungkulin sa sambahayan ng diyos. Isa na akong lider ngayon, at medyo kilala ako sa lugar na ito dahil sa pananampalataya ko. Labis akong inuusig ng pamilya ko, at may ilang panganib na kaakibat ang aking posisyon ng pamumuno. Kailangan ko ng mga taong katulad mo upang tumulong na panatilihin akong ligtas. Kung magagawa mo iyon para sa akin, tatanggap ka ng malalaking pagpapala sa hinaharap, at mabilis na uunlad ang buhay mo!” Ganito hinahatak at inuudyukan ng mga anticristo ang mga tao na sumunod sa kanila. Kung magugustuhan ng isang anticristo ang isang tao o makikitang kapaki-pakinabang ito, isasaayos niyang magkaroon ito ng madadaling tungkulin o mga tungkulin kung saan maaari itong mapansin ng marami, ginagawa ang lahat ng makakaya niya upang itaas ang posisyon nito. Wala siyang pakialam kung naaabot nito ang mga prinsipyo sa paggamit ng mga tao sa sambahayan ng Diyos. Basta’t ang taong ito ay may katayuan sa lipunan at maaaring maging kapaki-pakinabang sa kanya, hinahatak niya ito. Upang maisakatuparan ang kanilang mga mithiin, nakikipaglapit sila, binobola, at hinahatak ng mga anticristo ang mga taong may kayamanan at katayuan sa lipunan, habang kinakamkam ang mga pakinabang para sa kanilang sarili. May pangalawang pamamaraan pa sila ng panghahatak sa mga taong may pera, kapangyarihan, at katayuan, iyon ay, ang pagpapalaway sa mga ito. Ang ganoong mga tao ay madalas na gumagawa ng masama sa loob ng iglesia, na nakakabawas sa kasiglahan ng mga kapatid at nakakagulo sa buhay iglesia. Masayang pinanonood ng mga anticristo ang mga ito at hinahayaan ang mga itong gumawa ng anumang masamang gawang gusto ng mga ito. Ano ang layunin ng pagpapalaway ng isang anticristo? Ito ay para pa rin hatakin ang mga ito at pagkakitaan ang mga ito sa sandaling mahatak na ang mga ito. Nagkukunwari pa nga ang mga anticristo na sabihin sa mga ito, “Bagama’t pinili ninyo ako bilang lider, at responsabilidad kong pangunahan kayo, hindi lang sa akin ang iglesia na ito. Hindi puwedeng ako lang ang magdedesisyon sa loob ng iglesia. Kailangan din ninyong tumulong; kung may mangyayari ay puwede rin kayong tumulong sa pagpapasya—ito ang ibig sabihin ng pakikipagtulungan.” Sinasabi nila ito sa mga taong mayaman, maimpluwensiya, at kapaki-pakinabang sa kanila,

ginagawa nila ang makakaya nila upang hatakin ang mga indibidwal na ito, hanggang sa umabot sila sa puntong kaya na nilang kontrolin ang mga ito. Gayumpaman, para sa mga taong tunay na nananampalataya sa Diyos pero walang pera, katayuan sa lipunan, o anumang maliwanag na pakinabang, labis ang pagsisikap nila para ibukod, atakihin, o basta balewalain ang mga ito. Ano ang ibig sabihin ng pambabalewala nila? “Kung ang iilan sa atin ay magsasama-sama at magiging moog na bakal, tantiya ko na kayong mga karaniwang tao ay walang magagawang anumang mahalagang epekto. Kung makikinig ka sa mga salita ko nang masunurin, pahihintulutan kitang magpatuloy sa pananampalataya. Ngunit kung patuloy kang maghahanap ng mali, magpapahayag ng mga opinyon mo tungkol sa akin, o isusumbong mo ako sa mga nakatataas, papahirapan at patatalsikin kita!” Ito ang plano nila. May ilang taong walang pagkilatis at natatakot, nagsasabing, “Hindi natin sila dapat salungatin. Nakabuo na sila ng sarili nilang paksiyon, at hindi natin kakayanin iyon. Walang masyadong halaga ang mga salita natin, at kung aksidente tayong makapagsasabi ng bagay na makakapagpasama ng loob nila, at talagang patatalsikin tayo ng lider, mawawalan tayo ng pagkakataong manampalataya sa Diyos.” Takot na takot ang mga taong ito. Habang ang mga anticristo ay nanghahatak ng mga tao, nakapaloob sa pag-uugaling ito ang isang buktot, malupit, at mapaminsalang disposisyon. Ano ang layunin nila sa panghahatak ng mga tao? Ito ay para din patibayin ang kanilang posisyon. Ano ang layunin nila sa pagbuo ng mga samahan o grupo? Ito ay ang palawakin ang saklaw ng puwersa nila, ang suportahan sila ng mga tao, na lalo pang nagpapatatag ng kanilang kapangyarihan at katayuan. May nakatagpo na ba sa inyo ng ganitong mga bagay? Kapag kinokontrol ng isang anticristo ang isang iglesia, ang sinumang may pera, katayuan, o dominante ay nagsasama-sama upang suportahan siya, at sama-sama silang humahawak ng kontrol, nagiging isang paksiyon, isang grupo ng apat, lima, o anim na tao. Walang sinumang pinahihintulutan na magsiwalat ng mga isyu nila. Hinahatak ng anticristo ang mga taong ito dahil mahirap para sa kanyang kontrolin ang mga ito. Dapat niyang hatakin nang husto ang mga ito, gawing mga alalay niya ang mga ito, sa gayon ay mapapatatag ang kanyang posisyon. Higit pa rito, mayroong halaga ang mga taong ito na maaaring samantalain ng anticristo. Ang pamamaraan niya sa panghahatak sa mga ito, sa isang kahulugan, ay isang paraan upang patahimikin at pigilan ang mga ito na maging banta sa posisyon niya.

Tungkol sa aspektong ito ng panghahatak ng mga anticristo sa mga tao, katatapos lang nating talakayin ang dalawang pagpapamalas. Nangyayari ba ang ganitong mga bagay sa inyong iglesia? Sabihin ninyo sa Akin, nangyayari ba ang ganitong uri ng bagay? (Oo.) Talagang nangyayari ito. Kaya, sa lahat ng bagay na may kaugnayan sa panghahatak sa mga tao, ano pa ang ilang pagpapamalas na nagtataglay ng kalikasan ng panghahatak ng mga anticristo sa mga tao? Ano ang mga kahihinatnan ng panghahatak sa mga ito? Bakit gusto ng mga anticristong manghatak ng mga tao? Kung hindi sila manghahatak ng mga tao, maisasakatuparan ba nila ang mithiin nilang kontrolin ang mga tao? (Hindi.) Dapat silang magdala sa harapan nila ng mga taong nakikinig sa

kanila at umaayon sa kalooban nila, upang magkaroon sila ng posisyon at magkaroon ng mga mapaggagamitan ng awtoridad. Kung walang sinuman sa paligid ang makikinig sa kanila, hindi ba't hindi nila matutupad ang ambisyon nila para sa katayuan at kapangyarihan? Samakatwid, kapag hinatak na nila ang bawat uri ng tao na puwedeng mahatak, saka lang sila nagkakamit ng posisyon at kapangyarihan. Paano nila pinakikitunguhan ang mga taong hindi nahahatak? (Ibinubukod at inaatake nila ang mga ito.) Sinisimulan nilang atakihin at ibukod ang mga ito. Hindi ba't nagkaroon na ng mga anticristo na ginawang mga diumano'y "tagamasid" ang mga tao sa iglesia na hindi mahatak? Ang mga sermon, himno, at aklat ng mga salita ng Diyos na inilabas ng iglesia ay talagang hindi ibinibigay sa mga taong ito, o hindi ipinaalam sa mga ito ang mga pagtitipon sa loob ng mahabang panahon. Talagang umiiral ang gayong mga bagay, at ang mga iyon ay pawang mga bagay na ginagawa ng mga anticristo. Hindi tinanggal ng iglesia ang pangalan ng mga taong inaatake at ibinubukod ng mga anticristo, hindi umalis ang mga ito nang kusang-loob, at hindi boluntaryong tumigil ang mga ito sa pagdalo sa mga pagtitipon. Silang lahat ay mga sinserong mananampalataya ng Diyos, ngunit dahil may kaunti silang pagkilatis tungkol sa mga anticristo, madalas silang ibinubukod at hindi agad nakakakuha ng mga aklat ng mga salita ng Diyos o ng mga sermon, himno, at ng iba't ibang pagsasaayos ng gawain na iniaatas ng iglesia, hindi rin nakakakain at nakakainom ng mga salita ng Diyos. Sa kabilang banda, ang mga taong mas mababa sa mga anticristo, ibig sabihin, ang mga taong nagagawang makinig sa kanila, na nahatak nila at sumuko sa kanila, ay nauunang nakakakuha ng iba't ibang aklat at video na ipinamimigay ng sambahayan ng Diyos, tinatamasa ang magandang pagtrato na ito. Sa gayon ang iglesia ay nasasadlak sa kaguluhan at nahahati dahil sa pag-uugali at mga kilos ng mga anticristo, at nababalisa ang puso ng mga tao.

May mga kondisyon bang hinahanap ang mga anticristo para manghatak ng mga tao? Hinahatak ba nila ang mga taong nagmamahal sa katotohanan at tunay na nagpapasakop sa Diyos? (Hindi.) Ang mga taong nagmamahal sa katotohanan at nagpapasakop sa Diyos ay nagtataglay ng kaunting pagkilatis, hindi sila mahatak, at hindi sila susunod sa mga anticristo. Kaya, sino ang hinahatak ng mga anticristo? Sa puso nila, ang pinakapinapaboran ng mga anticristo ay ang mga taong magaling mambola ng mga taong may katayuan, na magaling magpalakas at mang-uto sa mga tao, at ang ilang taong nakagawa ng masasamang bagay at natatakot na mapatalsik, at sa gayon ay ginagawa ang makakaya nila upang mapalugod ang mga anticristo. Ginagamit ng mga anticristo ang kondisyon na poprotektahan nila ang mga ito upang hatakin ang mga tao at makuha ang loob ng mga ito, hinahayaang makalapit ang mga ito. Karamihan sa mga taong hinahatak ng mga anticristo, maliban sa mga bagong mananampalataya na hindi nakauunawa sa katotohanan, ay ang mga taong hindi nagmamahal sa katotohanan. Ang lahat ba ng hindi nagmamahal sa katotohanan ay nagtataglay ng konsensiya at katwiran? Wala sa kanila ang mabuti, at hindi pinipili ng Diyos ang gayong mga tao. Hinahatak ng mga anticristo ang mga taong ito at inaakay sila na parang payaso. Iniisip

pa nga nilang nagkamit sila ng opisyal na posisyon at may katayuan, at labis silang nasisiyahan sa puso nila. Hindi ba't walang kahihiyan ito? Anong iba pang uri ng tao ang hinahatak ng mga anticristo? (Ang mga taong medyo masama ang pagkatao.) Eksakto, ang masasamang tao. Paano tinatrato ng mga anticristo ang masasamang tao? Pinoprotektahan nila ang mga ito. Halimbawa, ipagpalagay nating may masamang tao sa iglesia, at iniuulat ng lahat ng kapatid na partikular na masama ang taong ito, nagdudulot ng kaguluhan sa iglesia sa tuwing nariyan ito, inaabala ang lahat sa paggawa ng tungkulin ng mga ito, at ginugulo ang gawain ng iglesia. Hangga't hinihingi sa kanyang gumawa ng isang tungkulin, ang gawain ng iglesia ay daranas ng kawalan. Ngunit ang tingin ng mga anticristo sa gayong masasamang tao ay kapaki-pakinabang at hinahatak nila ang mga ito sa panig nila upang pagsilbihan sila. Hindi pinatataksik ng mga anticristo ang masasamang tao; sa halip, pinoprotektahan nila ang mga ito. Maliban na lang kung may mga partikular na masamang taong hindi sumusuporta sa isang anticristo o nakakikilatis dito—pakikitunguhan nito ang masamang taong iyon. Hangga't binobola ng isang masamang tao ang anticristo, sinusupportahan ito, at hindi ito nilalabanan, hinahatak at kinukuha ng anticristo ang loob ng masamang tao upang mapalakas ang sarili nitong puwersa. Ngayon, paano nakakasundo ng mga anticristo ang mga taong ito na hindi naghahangad sa katotohanan? Ang paraan ng pakikisalamuha nila ay talagang pambobola at paggamit ng matatamis na pananalita sa isa't isa. Saanman pumunta ang mga anticristo, nagkukumpulan ang masasamang taong ito kasama ng mga anticristo na parang mga langaw. Talagang hindi sila nagsasama-sama upang magbahaginan tungkol sa katotohanan, dahil lahat sila ay tutol dito, at wala sa kanilang naghahangad na lutasin ang mga isyu sa pamamagitan ng pagbabahagi tungkol sa katotohanan. Ang sinasabi lang nila ay ang mga bagay na sinasabi ng mga walang pananampalataya, kadalasan silang naghahasik ng alitan sa pamamagitan ng mga tsismis, nangmamaliit ng iba at nagtataas ng kanilang sarili, at nagkokonsultahan tungkol sa mga paraan para pahirapan ang mga tao. Higit pa rito, pinag-aaralan nila kung paano mag-iingat laban sa sambahayan ng Diyos, tinatalakay kung paano kokomprontahin ang ang Itaas, kung paano malalaman nang maaga kung may taong gustong magsumbong sa mga isyu nila at kung paano tutugon sa sandaling malaman nila ito. Ito ang mga bagay na tinatalakay ng grupong ito ng masasamang tao. Kapag magkakasama sila, kailanman ay hindi sila nagbabahaginan ng mga bagay tulad ng paggawa ng kanilang mga tungkulin, at kailanman ay hindi sila nagbabahagi tungkol sa katotohanan para lutasin ang mga isyu. Halimbawa, hindi nila kailanman tinatalakay ang mga lehitimong bagay tulad ng pagsuporta at pagtulong sa mga kapatid na naging negatibo at mahina at walang lakas na gawin ang mga tungkulin nila, o ang paghahanap ng mga solusyon at landas para mapabuti ang pagiging epektibo ng mga partikular na aspekto ng gawain ng iglesia. Pinag-uusapan nila kung paano lilinlangin ang ang Itaas at kung paano lilinlangin ang sambahayan ng Diyos, tinitiyak na hindi malalaman ng sambahayan ng Diyos ang mga katunayan tungkol sa kanila. Sa sandaling matuklasang

may taong nakikipag-ugnayan sa ang Itaas o nagsumbong tungkol sa sitwasyon nila, itinuturing nila itong isang banta sa posisyon nila at nakakasira sa mga gawain nila. Walang tigil nilang iniimbestigahan kung sino ang may kagagawan nito, hinahanap ang mga pinagsususpetsahan, at sa sandaling mahanap nila ang mga ito, ihihiwalay nila ang taong iyon, ililipat sa ibang lugar, at pagkatapos ay maglalabas ng mga utos na nagbabawal sa sinuman na isumbong ang sitwasyon nila sa ang Itaas. Tinitiyak nitong walang sinumang mangangahas na isumbong sila. Ganap na nakokontrol ng mga anticristo ang iglesia sa ganitong paraan. Walang paraan para malaman ng ang Itaas kung anong kasamaan ang ginagawa nila nang walang nakakakita, hanggang sa matuklasan ng ang Itaas ang sitwasyon at matukoy ang kahinaan nila, pagkatapos ay mag-uutos ng imbestigasyon sa kanila at sa huli ay tatanggalin o patatalsikin sila. Kaya ng grupong ito ng mga anticristo at masasamang tao na guluhin ang gawain ng iglesia sa loob lang ng ilang buwan, at kaya nilang idulot sa mga kapatid na paghinalaan ang isa't isa, sirain ang isa't isa, ilantad ang isa't isa, at atakihin ang isa't isa, hinahati ang iglesia. Ito ang kahihinatnan ng panlilihing ng mga anticristo sa mga tao at pagkokontrol sa iglesia. Sa ganitong paraan inililihing ng mga anticristo ang lahat ng taong hindi naghahangad sa katotohanan at hinahatak pa nga ang ilang kapaki-pakinabang na masamang tao upang kontrolin ang iglesia, pinatitibay ang sarili nilang posisyon at awtoridad. Kung makikinig sa kanila ang masasamang tao, poprotektahan nila ang mga ito. Kung hindi, hinaharap muna nila ang masasamang tao. Kung susunod sa kanila ang masasamang tao at makukuhang kasapi at mahahatak, hahayaan nila ang mga itong maging mga alipores nila, mga galamay at mata nila sa paggawa ng masasamang bagay, palihim na nagmamamanman sa mga kapatid, inaalang kung sino ang may mga pagtutol sa kanila, kung sino ang nakakikilatis sa mga kilos nila, kung alin sa masasamang gawa nila ang natuklasan, at kung sino ang palaging gustong makipag-ugnayan sa ang Itaas para isumbong ang mga isyu nila. Partikular na iniimbestigahan ng mga anticristo at masasamang tao ang mga usaping ito, kung saan sila pinakanag-aalala. Madalas ay sama-sama nilang tinatalakay ang mga panlaban na hakbang, itinuturing na mga kaaway ang mga taong nakakikilatis sa kanila o naghihinala sa kanila. Naghahanap sila ng mga dahilan upang pahirapan ang isang tao ngayon at bukas ay hahanap sila ng mapanghahawakan para pahirapan ang isa pa; gumagamit pa nga sila ng iba't ibang katwiran at palusot para udyukan ang hinirang na mga tao ng Diyos na paalisin at patalsikin ang mga indibidwal na ito. Sa sandaling ang mga anticristo ay maging mga lider o manggagawa, gagawin nila ang mga bagay na ito. Sa ilang buwan lang, kaya nilang isadlak sa kaguluhan ang iglesia, pinapatay pa nga ang matinding sigasig ng isang iglesia ng mga bagong mananampalataya na parang tubig sa apoy. Samakatwid, ang mga anticristo ay tunay na mga kaaway ng Diyos at mga kaaway ng hinirang na mga tao ng Diyos. Hindi talaga ito eksaherasyon—tumpak na tumpak ito! Kung saan humahawak ng kapangyarihan ang mga anticristo o masasamang tao, nagiging masama ang kapaligiran ng iglesia. Wala anumang buhay iglesia, walang normal na pagkain at pag-inom ng salita ng Diyos, at walang kapaligiran

ng pagbabahaginan sa katotohanan. Sa halip, puno ito ng intriga at walang pagpipigil na maling pag-asal. Ito ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng kontrol ng diyablo. Magkakaroon ba ng anumang magandang resulta kung may kontrol ang diyablo? Kapahamakan lang ang maidudulot nito sa hinirang na mga tao ng Diyos—tiyak at walang duda iyon.

May ilang anticristo, kapag pumasok sila sa isang iglesia upang humawak ng isang posisyon ng pamumuno, na nag-iimbestiga muna kung sino sa iglesia ang madalas na nag-ulat ng mga isyu sa ang Itaas dati. Gusto nilang ilayo ang gayong mga tao sa kanila, at hindi sila tumutuloy sa bahay ng mga ito kahit na kaya naman silang patuluyin ng mga ito. Kung may isang taong magaling sumipsip sa mga tao, palaging umaaligid sa lider, at nagpapalakas, doon nila pinaplanong tumuloy sa bahay ng taong iyon. May nagsasabi, “Dalawang sister na ang pinatutuloy niya.” Sumasagot ang anticristo, “Hindi puwede iyon, palipatin mo sila sa ibang lugar.” Sinasabi ng taong iyon, “Hindi puwedeng basta mo na lang palipatin ang mga tao kapag gusto mo; medyo nababagay ang dalawang sister na iyon sa lugar na iyon—maaaring maapektuhan ng paglilipat sa kanila ang paggampan nila sa kanilang mga tungkulin.” Sumasagot siya, “Bilang isang lider, ang sinasabi ko ang masusunod, at dapat mo akong sundin!” Pagkatapos ay sapilitan niyang pinalilipat ang dalawang sister. Bakit pinagpipilitan niyang tumuloy sa bahay na ito? Dahil ang pamilyang ito ay mga taong totoo at mahina, hindi nagiging banta sa anticristo. Kahit ano pang masasamang bagay ang ginagawa niya o gaano kalubha ang pag-uugali niya nang lingid sa kaalaman ng mga tao, hindi siya isusumbong ng pamilya. Kaya, naghahanap siya ng ganitong uri ng lugar na matutuluyan. Pagkalipas ng ilang panahon, dinadala niya roon ang masasamang kasamahan niya, at ginagawa nila ang masasamang gawain nila roon, tinatalakay nila ang mga panlaban na hakbang at nagpapakana kung paano pahihirapan si ganito at ganyan. Kapag lumilitaw sa iglesia ang isang anticristo o masamang tao, naghahanap muna siya ng mga taong gusto niya at kaya niyang samantalain, pinalalawak at pinatatatag ang puwersa niya una sa lahat. Pinababayaan muna niya ang mga taong nakauunawa sa katotohanan sa ngayon, upang hindi mailagay sa panganib ang sarili niyang posisyon. Hindi pa muna niya ginagambala ang kasalukuyang kaayusan. Pagkatapos mapatatag ang kanyang posisyon at makahanap ng mga angkop na kasabwat, sinisimulan na niyang talakayin ang mga panlaban na hakbang upang pahirapan at harapin ang mga kapatid na naghahangad sa katotohanan. Paano niya pinahihirapan at hinaharap ang mga ito? Una, hinahatak niya ang mga taong sumasang-ayon sa kanya, na walang pagkilatis sa kanya, at na mapakikinabangan niya. Kung may mga taong hindi niya mahatak o na nakakikilatis sa kanya, naghahanap siya ng palusot o katwiran upang ihiwalay o paalisin ang mga ito. Anong uri ng disposisyon ang nabubunyag sa pag-uugali ng mga anticristong ito? (Kalupitan.) Saanman sila humahawak ng mga posisyon ng pamumuno, nagiging masama ang kapaligiran ng lugar na iyon. Nagagambala ang kaayusan ng buhay iglesia. Kung hindi ka makikinig sa kanila, masisiil, malilimitahan, o mapaaalis o mapapataksik ka pa nga. May ilang anticristo na kumikilos na parang mga sanggano, basagulero, o palaaway. Kahit

pagkatapos manampalataya sa Diyos, gusto pa rin nilang makakuha ng posisyon, kumilos nang mapang-api sa sambahayan ng Diyos, at kontrolin ang mga hinirang na tao ng Diyos. Sa ganitong paraan, ginugulo nila ang iglesia. Kung walang pagkilatis ang mga tao, malilihis at makokontrol nila ang mga ito, sa huli ay hahantong sa sariling pagkawasak ng mga ito.

Halos natapos na natin ang ating talakayan sa kung paano hinahatak ng mga anticristo ang mga tao. Habang pinapakinggan ninyo itong mga bagay na tinatalakay Ko, pakiramdam ba ninyo ay medyo bihira lang ito? Nagulat ba kayo, na naisip ninyo na, “Puwede ba talagang mangyari ito? Imposible ito, hindi ba? Paanong umiiral ang ganitong mga tao sa kalipunan ng mga mananampalataya?” Hayaan ninyong sabihin Ko sa inyo, mas magiging masahol pa ito kaysa rito. Ang lahat ng tao ay nagkukunwaring may wangis ng tao kapag kaharap nila ang iba, ngunit kung paano sila kapag walang nakakakita ang nagbubunyag ng tunay nilang mukha. Ang mga salita at kilos nila habang kaharap ang iba ay pagpapanggap lamang, isang huwad na impresyon. Ang sinasabi at ginagawa nila kapag walang nakakakita ang sumasalamin sa tunay nilang katauhan. Kung ang isang tao ay umaasta sa isang paraan sa harap ng mga tao at sa ibang paraan naman kapag walang nakakakita, dapat ninyong makilatis kung alin ang tunay at alin ang huwad, hindi ba? Ang isang anticristo ay maaaring magmukhang napakagalang sa harap ng mga tao, ngunit kung malalaman ng mga ito kung ano ang ginagawa ng anticristo kapag walang nakakakita, masusuklam sila rito. Mararamdaman ng mga ito na kahiya-hiyang makitungo sa anticristo, na hindi siya isang taong may integridad, kundi mababang-uri at kasuklam-suklam. Kung ganoon, makakasundo ba ng anticristo ang mga normal na tao? Hindi, hindi niya makakasundo ang mga ito. Hindi ito isang usapin ng isang normal na taong may ilang masamang gawi, kundi isang usapin ng kanyang disposisyon. Sa sandaling makita ninyo ang kanyang disposisyon, mapagtatanto ninyong hindi siya tao, kundi isang halimaw, isang diyablo. Sabihin ninyo sa Akin, ano ang pakiramdam kapag nakikisalamuha ang mga tao sa mga hayop? Katulad ito ng pagdadala ng baboy sa loob ng bahay, nililinis ito, sinusuotan ng maliliit na damit, at tinatrato bilang isang alagang hayop. Kinabukasan, makikita mong naging koral na ng baboy ang bahay. Kumakain ito, umiinom, at dumudumi sa bahay nang walang anumang pagsasaalang-alang sa kalinisan. Saka mo mapagtatanto na hindi ka puwedeng mag-alaga ng mga baboy sa ganitong paraan—mga hayop sila! Sa panlabas, ang mga taong tulad ng mga anticristo ay puwedeng magmukhang may kaunting kakayahan at pinalaki nang maayos, o maaaring minsan silang naging tanyag na tao sa lipunan, nakakuha ng kaunting paggalang. Pero karamihan sa kanila ay para lang mga hayop, na walang kahit konsensiya at katwiran. Nagtataglay ba sila ng normal na pagkatao? (Hindi.) Kapag walang normal na pagkatao, maituturing pa rin ba silang tao? Matatanggap ba ninyo ang kanilang pamumuno? Ano ang mangyayari kapag napasakamay ng ganoong mga tao ang mga kapatid? Malilihis at mahahatak ang mga ito, at tiyak na magdurusa ang mga ito. Ang mga anticristo ay mga diyablo, at wala silang konsensiya o katwiran. Sa panlabas,

tila napakamapagmahal, napakamaunawain, at napakamaawain nila sa mga paghihirap, kahinaan, at emosyonal na pangangailangan ng ilang tao. Sa realidad, ito ay mga taong pinapaboran nila at nambobola sa kanila. Ngunit kung magiging banta ang mga taong ito sa kanilang katayuan o reputasyon, kahit ang mga ito ay hindi tatratuhin nang may kabaitan, sa halip ay walang pakundangang pakikitunguhan gamit ang mas mapaminsala pang mga pamamaraan, nang wala ni katiting na awa o pagpaparaya. Ang pagmamahal at pagpaparaya ng mga anticristo ay pawang palabas lang, at ang layon nila ay talagang hindi ang dalhin ang mga tao sa harapan ng Diyos, kundi ang pasambahin at pasunurin ang mga ito sa kanila. Ang intensyon nila sa pambibitag sa mga tao sa ganitong paraan ay ang patatagin ang sarili nilang posisyon at kamtin ang pagsamba at pagsunod ng mga tao. Kahit ano pang paraan ang gamitin ng mga anticristo upang ilihis at hatakin ang mga tao, isang bagay ang sigurado: Pipigain nila ang utak nila at gagamitin nila ang anumang paraang kinakailangan alang-alang sa sarili nilang kapangyarihan at katayuan. Ang isa pang katiyakan ay na kahit na ano pa ang gawin nila, hindi nila ito ginagawa para gampanan ang mga tungkulin nila, at talagang hindi nila ito ginagawa para tuparin nang maayos ang mga tungkulin nila; sa halip, ginagawa nila ito upang maisakatuparan ang layon nilang humawak ng kapangyarihan sa loob ng iglesia. Higit pa rito, kahit ano pang gawin nila, hindi nila kailanman isinasaalang-alang ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, at talagang hindi nila isinasaalang-alang ang mga interes ng hinirang na mga tao ng Diyos. Sa diksiyonaryo ng mga anticristo, wala ang dalawang konsiderasyong ito; likas na wala sila ng mga ito. Anuman ang antas ng pamumuno nila, hindi sila nagpapakita ng kahit kaunting malasakit sa mga interes ng sambahayan ng Diyos o ng mga hinirang na tao ng Diyos. Sa mga kaisipan at pananaw nila, walang kaugnayan at walang kuwenta sa kanila ang gawain ng iglesia at ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Iniisip lang nila ang sarili nilang posisyon at ang sarili nilang mga interes. Mula rito, makikita na ang kalikasang diwa ng mga anticristo, bukod sa pagiging buktot, ay partikular na makasarili at kasuklam-suklam. Kumikilos lang sila alang-alang sa sarili nilang kasikatan, pakinabang, at katayuan, nang hindi binibigyan ng ni katiting na pansin ang buhay at kamatayan ng iba. Ang sinumang nagiging banta sa kanilang posisyon ay sumasailalim sa walang pakundangang panunupil at pagbubukod, at pinahihirapan nang pinakamatindi. Kung minsan, kapag isinusumbong ang mga anticristo dahil sa paggawa ng napakaraming kasamaan at natutuklasan ng ang ltaas ang tungkol sa mga iyon, at pakiramdam nila ay mawawala na ang posisyon nila, lumuluha sila nang mapait. Sa panlabas, tila nagsisisi sila at mukhang nanunumbalik sa Diyos, pero ano ang tunay na dahilan sa likod ng mga luha nila? Ano talaga ang pinagsisisihan nila? Nalulungkot at nagdurusa sila dahil nawala sa kanila ang loob ng mga tao, ang sarili nilang posisyon, at ang reputasyon nila. Ito ang nakapaloob sa mga luha nila. Kasabay nito, pinagpaplanuhan na nila ang mga susunod nilang hakbang para mapatatag ang posisyon nila, matuto sila sa mga pagkakamali nila, at makabalik sila. Batay sa pag-uugaling ito ng mga anticristo, hindi

sila kailanman nakakaramdam ng pagsisisi o nagdurusa dahil sa mga pagsalangsang nila at sa mga tiwaling disposisyong ibinunyag nila, at talagang hindi nila tunay na makikilala ang sarili nila o magsisisi. Maaari silang lumuhod sa harapan ng Diyos, lumuha nang mapait, pagnilayan at isumpa ang kanilang sarili, pero isa itong palabas na naglalayong ilihis ang mga tao, at puwede pa ngang paniwalaan ng ilang tao na totoo ito. Posible na, sa sandaling iyon, totoo ang damdamin nila. Gayumpaman, kailangang matandaan na kahit kailan, hindi makakaranas ang mga anticristo ng tunay na pagsisisi. Kahit na isang araw ay mabunyag at matiwalag sila, hindi sila makakaramdam ng tunay na pagsisisi. Kikilalanin lang nila ang sarili nilang pagkabigo, na pumalpak sila sa pagganap nila at isiniwalat ang lahat ng masama nilang gawa. Bakit Ko ito sinasabi? Dahil, batay sa kalikasan ng mga anticristo na namumuhi sa katotohanan at sa Diyos, hindi nila kailanman tatanggapin ang katotohanan. Samakatwid, ang pagkakilala sa sarili ng mga anticristo ay palaging huwad. Tatanggapin lang nilang nawala sa kanila ang loob ng mga tao dahil nabigo silang samantalain ang mga pagkakataon na makuha ang kapangyarihan at mapatatag ang posisyon. Ang pagsisisi at pagdurusa nila ay para sa mga kadahilanang ito. Kapag nagdadalamhati ang mga anticristo, puwede rin silang lumuha, pero bakit sila umiiyak? Ano ang nasa likod ng mga luha nila? Lumuluha sila dahil naisiwalat ang marami nilang masamang gawa at nawala ang kanilang posisyon. Kung kaya nilang tunay na magsisi at lumuha dahil sa paggawa ng masama at pakiramdam na may pagkakautang sila sa Diyos, hindi sila gagawa ng ganoon karaming kasamaan. Hindi sila inuusig ng konsensiya nila at hindi nila inaamin ang masasama nilang gawa—paano ngayon lilitaw ang tunay na pagsisisi? Pagkatapos gumawa ng kasamaan, hindi sila nakakaramdam ng pagsisisi; talagang wala silang pakialam, ang nararamdaman lang nila ay napahiya sila at nagmukha silang katawa-tawa. Puwedeng bumagsak nang bahagya ang damdamin nila. Sa kabila ng panlabas na pag-asta na parang walang mali, sa realidad, sa kaibuturan ay para silang pipi na tumitikim ng mapapait na damong-gamot—nagdurusa nang tahimik. Nakakaranas sila ng samu't saring emosyon sa puso nila at lumuluha sila nang mapait, pero walang tunay na pagsisisi. Ito ang tunay na kalagayan ng mga pangyayari. Kung minsan, maaaring magsabi ang mga anticristo ng mga salitang masarap pakinggan, gaya ng, “Mahina kasi ang kakayahan ko kaya hindi ko nagawa nang maayos ang trabaho ko at nakagawa ako ng ilang bagay na nakakagulo at nakakagambala; nabigo akong manguna at hindi ako karapat-dapat sa pamumuno. Nawa ay disiplinahin at sumpain ako ng diyos. Kung magpapasya kayong hindi ako piliin para sa pamumuno sa hinaharap, hindi ako magrereklamo.” Pagkatapos na pagkatapos nito, bigla silang iiyak. May ilang taong walang pagkilatis na nahahabag sa kanila, at nagsasabi, “Huwag kang umiyak, pipiliin ka ulit namin sa hinaharap.” Pagkarinig nito, agad silang tumatahan. Nakikita na ba ninyo ngayon ang tunay nilang kulay? Kapag nagsasabi sila ng ilang magandang salita, ito ay para makuha ang loob ng mga tao, ilihis ang mga ito, at linlangin ang mga ito, at nahuhulog pa nga rito ang ilan. Sa tuwing lumuluha ang mga anticristo, walang dudang may motibo sa likod nito. Kapag

nagsisimula na silang kuwestiyunin ng mga taong sumasamba sa kanila at nagiging alanganin ang katayuan nila, umiiyak sila. Sa sobrang pagkabalisa nila ay hindi na sila makakain o makatulog, paulit-ulit nilang sinasabi sa pamilya nila, “Paano ako magpapatuloy kung wala ako sa posisyon ng pamumuno?” Sumasagot ang pamilya nila, “Hindi ba’t maayos naman ang pamumuhay mo noong wala kang katayuan? Bakit hindi mo maipagpatuloy ang pamumuhay?” Sumasagot sila, “Kung hindi dahil sa katayuan ko, matatanggap ko pa rin ba ang mga pakinabang na ito? Magiging maluwag pa rin ba ang pamumuhay natin? Bakit napakahangal mo?” Sa tahanan nila, lantarang sinasabi ng ilan, “Ano ang punto ng pamumuhay nang walang katayuan? Ano ang kahulugan ng buhay? lilan lang tayo sa pamilya, at sa bahay, ang iilang ito lang ang mapapangasiwaan ko. Isa lang akong ulo ng tahanan, at hindi mataas ang katayuan ko. Dapat akong humawak ng katungkulan sa iglesia; kung hindi, sayang ang buhay ko. Isa pa, kung wala ang posisyong ito sa iglesia, magiging ganito ba kaganda ang buhay ng pamilya natin?” Kapag walang nakakakita ay matapat silang nagsasalita, at nalalantad ang mga ambisyon nila. Hindi ba’t isa itong taong walang kahihyan? Ang panlilihis ng mga anticristo ay hindi isang paminsan-minsang pagsalangsang—sinasadya ito. Kung mga paminsan-minsan at hindi sinasadyang masamang kilos ang mga ito, hindi sila maituturing na mga anticristo. Ang mga anticristo ay sadyang nanlilihis ng mga tao; kontrolado sila ng kalikasan ni Satanas. Ito ang dahilan kung bakit palagi silang nanlilihis ng mga tao, sadya nilang ginagamit ang pamamaraang ito para kontrolin ang mga ito at sa huli ay magkaroon sila ng kapangyarihan. Sa katunayan, ang intensyon ng anticristo sa panlilihis at pagkokontrol ng mga tao ay ang mahikayat ang mga itong makinig sa kanya, sumunod sa pamumuno niya, at lumayo sa Diyos. Napakalinaw ng mga intensyon ng anticristo; nilalayon niyang makipagkompetensiya sa Diyos para sa mga tao. Ang mga kilos niya ay hindi mga panandaliang pagpapakita ng katiwalian, ni ginagawa nang padalos-dalos, nang labag sa loob, at tiyak na hindi inoobliga ng mga espesyal na sitwasyon. Ito ay ganap na dahil sa buktot niyang kalikasan, sa matataas na mga ambisyon at pagnanais niya, sa lihim na mapanira niyang disposisyon, at sa maraming pakana niya. Ang kakayahan niyang magawa ang mga bagay na ito ngayon ay tinutukoy ng kalikasang diwa niya: Pagkatapos manampalataya sa Diyos, kinimkim niya ang mga intensyon at pakanang ito, naghihintay lang na maging lider para simulang tuparin ang mga pangarap na ito at maisakatuparan ang mga layon niya. Ito ang tunay na kalagayan ng puso ng isang anticristo, at ganitong-ganito ito.

Mula sa paksang tinalakay sa itaas, dapat ninyong maunawaan ang katotohanang kailangan ninyong mapasok. Sa isang aspekto, dapat ninyong kilatisin ang mga anticristo at masasamang taong nagbubunyag ng ganoong mga pag-uugali at kalikasang diwa. Sa iba pa, dapat din ninyong ikumpara ang inyong sarili para makita kung nagpapakita kayo ng mga pag-uugaling ito. Ngayon, kung may makikita kayong pagkakatatugma sa sinasabi ninyo at sa pananalita ng mga anticristo, o kung kapwa kayo nagpapakita ng mga parehong pag-uugali sa mga parehong sitwasyon, kaya ba ninyong kilatisin ang mga

pagkakapareho sa nabunyag ninyong disposisyon o sa pagsasagawa sa pagitan ninyo at ng mga anticristo? Kaya ba ninyong arukin ang katotohanang ibinahagi rito sa pamamagitan ng ilang halimbawang tinalakay Ko o ang mga detalye, salita, at kilos na inilarawan sa mga halimbawang iyon, o kaya ba ninyong unawain ang mga tiwaling disposisyon ng mga tao na isiniwalat dito? Kaya ba ninyong makinig nang ganito? Mula sa anong perspektiba kayo nakikinig? Kung nakikilatis ninyo ang mga disposisyon at diwang ito ng mga anticristo at tinitingnan ninyo ang mga pag-uugali at gawing ito nang ganap na mula sa perspektiba ng isang tagamasid, makakamit ba ninyo ang katotohanan? (Hindi.) Kung ganoon, mula sa anong perspektiba kayo dapat makinig? (Sa pagkukumpara ng sarili.) Ikumpara ninyo ang inyong sarili—ito ang pinakapangunahing bagay. Ano pa? (Sangkapan ng katotohanan ang sarili.) Tama, dapat ninyong maunawaan ang katotohanang kailangan ninyong maunawaan sa bawat halimbawang tinatalakay Ko. Ang mga taong walang espirituwal na pang-unawa ay nakauunawa lang ng mga katunayan, habang ang mga taong may espirituwal na pang-unawa at nagtataglay ng mahusay na kakayahan, ay nakauunawa at nagkakamit ng katotohanan mula sa mga iyon. Kaya ba ninyong ibuod ang mga katotohanang nakapaloob sa mga kuwento at halimbawang natalakay? Ang pagbabahaginan tungkol sa mga partikular na kuwento o halimbawa ay naglalayong matulungan ang mga taong maiugnay ang mga iyon sa realidad, mas mabuting maunawaan ang iba't ibang usaping nasasalamatin sa realidad, at mapalalim ang ideya nila sa iba't ibang pagpapamalas at diwa na may kaugnayan sa aspektong ito ng katotohanan. Sa madaling salita, pagdating sa aspektong ito ng katotohanan o kalikasang diwa, mag-iisip ka ng isang partikular na halimbawa o eksena. Sa ganoong paraan, kapag naunawaan mo ang iyong sarili o nakilatis mo ang iba, magkakaroon ka ng biswal na pang-unawa na mas madaling arukin, mas praktikal, at mas kongkreto kaysa sa pagbabasa lang ng teorya o teksto. Kung teksto lang ito at wala kang karanasan dito, ang pang-unawa mo sa teksto ay maaaring maging limitado sa mga mismong salita, palaging napipigilan ng sarili mong mga limitadong karanasan, at nananatili lang sa saklaw na iyon. Gayumpaman, kung magdaragdag Ako ng mga partikular na halimbawa, magtatagni-tagani ng ilang kuwento, ilang eksena, mga partikular na salita at kilos, at pag-uugali sa pagbabahagi Ko, magkakaroon ito ng pansuportang epekto sa pang-unawa mo sa katotohanan sa aspektong ito. Kung makakamit ang epektong ito, ibig nitong sabihin ay naunawaan mo ang aspektong ito ng katotohanan. Anong antas ng pang-unawa ang dapat mong maabot para maituring itong pang-unawa? Hindi ito kailangang maging 100 porsyento, pero ang pag-arok, depinisyon, konsepto, at kaalaman mo sa aspektong ito ng katotohanan ay dapat na napatibay kahit papaano. Ano ang ibig sabihin ng pagpapatibay na ito? Ibig sabihin nito ay nagiging medyo dalisay ito, nang halos walang anumang pantaong kaalaman, kuru-kuro, imahinasyon, o haka-hakang nakahalo, o mas kaunti ng mga bagay na ito ang nakahalo. Ito ang mga epekto ng ganoong mga halimbawa. Puwedeng kilala mo ang mga tao o alam mo ang mga pangyayaring binabanggit Ko sa ilan sa mga halimbawang

ito, o may pakikipag-ugnayan pa nga at medyo pamilyar sa ganoong mga tao, o baka nakatagpo ka na ng ganoong mga pangyayari at nasaksihan mo pa nga ang buong proseso ng paggawa ng mga taong ito ng ganoong mga bagay. Pero ano ang mga pakinabang nito sa pang-unawa at pagkilala mo sa katotohanan? Posible na nakasama mo sa tirahan ang ganoong mga tao, nakita mong naganap ang mga kuwentong gaya nito, at naranasan mo mismo ang lahat ng nangyari sa mga kuwentong ito, pero hindi naman ibig sabihin niyon na nauunawaan mo ang aspektong ito ng katotohanan. Ano ang ibig Kong sabihin dito? Huwag mong ipagpalagay na dahil alam mo o pamilyar ka sa tao o pangyayaring sinasabi Ko ay hindi mo na kailangang pakinggan ang mga detalye o ang katotohanan at ang partikular na paksang pinagbabahaginan dito. Magiging malaking pagkakamali iyon. Kahit na kilalang-kilala mo ang taong iyon, hindi ibig sabihin nito na naunawaan at naarok mo na ang katotohanan dito. Bakit pinapaalala Ko ito sa inyo? Ito ay para hindi kayo masyadong maging interesado sa mga detalye. Sa tuwing makakakita kayo ng taong gumagawa ng ganito at ginagawa siyang halimbawa ng Diyos, pinagtatawanan ninyo siya at kinukutya ang ganoong mga tao. Ito ba ang tamang maging saloobin sa katotohanan? (Hindi.) Anong saloobin ito? Hindi ba't pagkalihis ito ng landas? Ito ay may pagkiling na pag-arok. Dahil sa mga maliwanag na halimbawa, kuwento, at partikular na tao at pangyayaring ito kaya tunay na napapahalagahan ng lahat ng tao kung ano ang pagbubunyag ng mga tao ng tiwaling disposisyon, ang tunay na masaksihan kung ano ang pagbubunyag ng tiwaling disposisyon at kalikasang diwa ng mga tao, kung ano ang kalikasang diwa ng mga tao, kung ano ang tiwaling disposisyon, kung anong uri ng landas ang tinatahak ng mga taong may partikular na uri ng tiwaling disposisyon at kalikasang diwa, kung ano ang minamahal nila, kung ano ang lawak ng mga emosyon nila, kung paano sila umaasal at nakikitungo sa mundo at kung ano ang pananaw nila sa buhay, kung ano ang mga prinsipyo nila sa pakikitungo sa mga bagay-bagay, at kung ano ang maaaring saloobin nila sa Diyos at sa katotohanan. Dahil mismo sa mga halimbawang ito, sa mga partikular na indibidwal at mga kongkretong pangyayaring ito, kaya napagsasama nang mas mabuti ng mga tao ang katotohanang realidad at ang pagbubunyag ng Diyos sa diwa ng tao, nagkakamit ng medyo mas malinaw at mas tumpak na pananaw sa mga ito. Kaya, ano ang ibig Kong sabihin sa likod ng mga salitang ito? Ito ay na hindi mo dapat maliitin ang mga kuwentong ito. Anumang uri ng kuwento ang isalaysay Ko, kanino mang kuwento ito, o sa anumang uri ng tao ang kuwentong ito, iisa lang ang layon, at iyon ay ang tulungan kang maunawaan ang katotohanan. Kung makakamit mo ang katotohanan mula rito, nakamit na ang ninanais na epekto. Samakatwid, maaari ka lang mabigyang-daan ng mga kuwentong ito na maunawaan ang ilang mababaw na katotohanan sa unang beses na marinig mo ang mga ito, na maarok ang mababaw na kahulugan o literal na interpretasyon. Gayumpaman, habang patuloy na lumalago ang iyong tayog, habang tumatanda ka, habang lumalago ka sa buhay sa pamamagitan ng iba't ibang sitwasyon, unti-unti ring nagiging hinog ang buhay mo, at nagkakaroon ka ng iba't ibang pagkaunawa sa mga pangyayari sa mga

kuwentong ito at sa kalikasang diwa, pag-uugali, at pagpapamalas ng iba't ibang indibidwal na nasasalamín dito. Paano nabubuo ang mga pagkaunawang ito? Nagmumula ang mga ito sa mga katotohanang nakapaloob sa mga kuwentong ito, hindi mula sa mismong mga kuwento. Kung pagkukuwento lang ito, gaya ng kuwento ng “Ang Batang Sumigaw na May Lobo,” pagkatapos mo itong mapakinggan, iyon na ang lahat; wala itong kinalaman sa katotohanan. Tinuturuan lang nito ang mga tao kung paano kumilos: Napakatuwiran at napakababaw nito. Pero pagdating sa katotohanan, ang lalim ng ganoong kuwento ay lumalagpas sa mabababaw na kahulugang madaling maunawaan ng isang tao. Tinatalakay nito ang tiwaling disposisyon at kalikasang diwa ng mga tao, nakapaloob dito kung paano kikilatisin ang mga tao, kung paano pipiliin ang landas ng isang tao, kung paano haharapin ang katotohanan, at kung ano dapat ang mga saloobin ng mga tao bilang tugon sa mga hinihingi ng Diyos. Nakapaloob dito kung ano ang dapat tanggihan ng mga tao at kung ano ang dapat nilang tanggapin. Kung magagawa ninyong makinig sa ganitong paraan, sa tuwing makakarinig kayo ng mga sermon ay may makukuha kayo, magkakamit kayo ng mas maraming kaliwanagan at makauunawa ng mas maraming prinsipyo tungkol sa iba't ibang aspekto ng katotohanan, at makakaranas ng kaunting buhay pagpasok. Habang tumatanda ang mga tao, habang lumilipas ang panahon, habang nagbabago ang mga sitwasyong panlipunan, habang nagbabago ang mga kalakaran, patuloy na gumagawa ang katotohanan sa puso ng mga tao, at malalaman nila kung paano isasagawa ang katotohanan, at kung paano titingnan ang mga tao at bagay batay sa katotohanan. Ito ang ibig sabihin ng pagkakamit ng buhay—ang katotohanan ay puwedeng maging buhay ng isang tao. Samakatwid, kailanman isinasalaysay ang isang kuwento, huwag kayong makinig nang isang beses lang at isipin ninyong tapos na ito. Patuloy kayong makinig, at kung hindi ninyo ito maintindihan, puwede ninyo itong pagbahaginan. Kung nahihirapan kang arukin ito sa iyong kasalukuyang antas, maaaring dahil ito sa kulang ang tayog mo. Kung ganoon, pakinggan mo ang kaya mong arukin at piliin mo ang naakma sa kasalukuyan mong tayog. Kung ang isang kuwento ay tila maliwanag kapag narinig mo ito pero kalaunan ay lumalabas na malalim, kung lagpas ito sa pag-arok mo, o hindi ito naaayon sa mga karanasan at sitwasyon mo sa buhay sa yugtong ito, ingatan mo ito sa puso mo at hayaan mong tumimo ito sa iyo. Kapag naharap ka sa mga kaparehong sitwasyon kalaunan, ang iningatan mo sa puso mo ay maaaring makita sa panlabas. Katulad lang ito ng bokabularyo at mga terminong pinag-aralan mo o ng impormasyong tinandaan mo sa utak mo. Araw-araw mo bang iniisip ang mga iyon? Malamang ay hindi. Hindi mo karaniwang iniisip ang mga iyon, pero kapag nalagay ka sa kapaligiran kung saan nauugnay ang mga termino, bokabularyo, o impormasyong ito, naiisip mo ang ilan sa mga ito. May mga alaala ang mga tao, at natural na nagtatabi sila ng ilang bagay sa utak nila. Sapat na ang mga bagay na ito para gamitin mo sa pang-araw-araw na buhay at puwedeng maging medyo kapaki-pakinabang, pero kung sadya mong susubukang gamitin ang mga ito at mahigpit na magpapatupad ng mga patakaran, mas malamang na magkakamali ka. Dapat ay piliin mo ang pakikinggan

mo batay sa sarili mong tayog at sa mga sitwasyong naranasan mo. Sa ganitong paraan, mas magiging mabilis ang pag-usad mo. Ang mga taong marunong makinig ay magkakamit nang mas marami, habang ang mga taong hindi ay magkakamit nang mas kaunti, o baka wala talaga. Baka maramdaman pa nga nila na ayaw nilang makinig sa alinman sa mga kuwentong ito, na wala sa mga ito ang naglalaman ng katotohanan, at nagtataka kung bakit hindi Ko tinatalakay ang katotohanan sa halip na nakikipagdaldalan nang walang katuturan at nakikipagtsismisan sa lahat ng oras. Anong uri ng mga tao ang nagpapakita ng pag-uugaling ito? (Ang mga taong walang espirituwal na pang-unawa.) Ang mga taong walang espirituwal na pang-unawa ay maaaring mag-isip sa ganitong paraan. Maaari nilang isipin na kapag nagsesermon Ako, tinatalakay Ko lang ang mga pang-araw-araw na usaping ito; aba, ganoon din sila, kapag wala silang magawang anuman ay walang katuturan silang nakikipagdaldalan sa iba. Baka mas maraming tsismis ang alam mo kaysa sa mga kuwentong isinasalaysay Ko, pero nakapaloob ba ang katotohanan sa mga pakikipag-usap mo? (Hindi, hindi nakapaloob ang mga ito.) Kung hindi nakapaloob ang katotohanan sa mga ito, ingatan mong huwag magsalita nang walang pakundangan, o baka mauwi kang tinatalakay ang mga bagay na walang kaugnayan sa katotohanan. Nagkukuwento Ako para matulungan ang mga taong maunawaan ang katotohanan. Hindi ninyo Ako dapat pikit-matang gayahin. Dapat ay tumuon lang kayo sa paghahanap sa katotohanan, pag-unawa sa katotohanan, at pagsisikap na pangasiwaan ang mga bagay ayon sa mga prinsipyo. Sa pananalita o sa mga kilos man ninyo, unahin ninyo ang pag-ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Sa ganitong paraan, unti-unti kayong makakapasok sa katotohanang realidad.

III. Isang Paghihimay Kung Paano Pinagbabantaan ng mga Anticristo ang mga Tao

Tapos na tayong magbahagi tungkol sa dalawang pagpapamalas ng panlilihis ng mga anticristo sa mga tao at panghahatak sa mga ito; ngayon naman, magbahagi tayo tungkol sa kung paano nila tinatakot ang mga tao. Ang bawat paraang ito ng mga anticristo ay patindi nang patindi. Kapag ikinumpara sa panlilihis at panghahatak, mas sopistikado ba ang paraang ito ng pananakot o hindi gaano? (Hindi gaano.) Kung hindi gagana ang panlilihis at panghahatak, gagamit sila ng mga pananakot. Paano tinatakot ng isang anticristo ang mga tao? Bakit gumagamit sila ng ganoong paraan? (Dahil hindi natutupad ang mga pakay nila.) Hindi natutupad ang mga pakay nila. May isa pang kahulugang nakapaloob sa pananakot—anong parirala ang puwedeng gamitin para ipahayag ito? (Pagpapakita ng tunay nilang kulay.) Hindi iyon masyadong tumpak; magbigay pa kayo ng ibang parirala. (Pagkagalit dahil sa pagkakapahiya.) Medyo malapit na kayo. Mayroon bang mas angkop na parirala? (Pagkayamot at matinding galit.) Eksakto, pagkayamot at matinding galit. Katulad ito ng kasabihan ng mga tagarito na “sumasabog sa galit”; ang ibig sabihin, “Nasubukan ko na ang parehong mabubuti at masasamang salita. Sa pangkalahatan ay hindi ko kayo kailanman tinrato nang hindi

patas. Bakit ayaw mong makinig sa akin? Dahil ayaw mong makinig, makukuha mo ang sa iyo: Gagamitin ko ang taktikang ito sa iyo—mga pananakot!” Binabago nila ang taktika nila. May iba’t ibang taktika si Satanas, lahat ng ito ay kasuklam-suklam. Ang mga pananakot ay karaniwang sinasamahan ng pambubuyo. Kung gagamit lang sila ng mga pananakot, ang ilang tao ay hindi natatakot at hindi nakikinig sa kanila. Kung ganoon ay wala na silang ibang magagawa at minsan puwedeng gumamit ng pambubuyo. Kung hindi ito gagana ay susubukan nilang gawin iyon—gagamit sila ng parehong mga mahinahon at mabagsik na taktika. Kaya, bakit tinatakot ng mga anticristo ang mga tao? Sa mga anong pangyayari sila gumagamit ng mga pananakot? Kung magkasamang namumuhay nang payapa ang dalawang tao, bawat isa ay tumatahak sa kanya-kanyang landas, nang walang mga salungatan ng interes sa pagitan nila, gagamit ba sila ng mga pananakot? (Hindi.) Kung ganoon ay sa mga anong pangyayari magsisimulang lumitaw ang pag-uugali at gawi na ito ng pananakot? Siyempre, ito ay kapag nasangkot ang kanilang mga interes o reputasyon, kapag hindi natutupad ang mga layunin nila. Inilalabas nila ang mga alas nila, iniisip na, “Ayaw mong makinig sa akin? Kung ganoon ay ipapakita ko sa iyo ang mga kahihinatnan!” Ano ang mga kahihinatnanang ito? Kung anuman ang kinakatakutan mo. May natatandaan ba kayong halimbawa ng mga pananakot na nasaksihan ninyo? (May ilang anticristo, na kapag nakikita nilang hindi nagpapasakop sa kanila ang mga kapatid, ay sinisimulan nilang husgahan at kondenahin ang mga ito, sinasabi na, “Ang hindi pagpapasakop sa mga lider ay hindi pagpapasakop sa diyos,” at ginagamit nila ito para takutin ang mga tao.) (May naiisip pa akong isang halimbawa na kung may isang taong hindi nakikinig sa pamunuan, ginagamit ng lider ang awtoridad niya para tanggalin ang taong ito.) Gayumpaman, gusto nilang maunawaan ng mga tao na magdudulot ng mga kahihinatnan ang hindi pakikinig sa kanila. Kaya, ano ang batayan nila para sa pagpapasunod sa mga tao na makinig sa kanila? Madalas nilang sinasabi, “Ang pagpapasakop sa pamunuan ay pagpapasakop sa diyos, dahil ang pamunuan ay inordena ng diyos. Dapat kayong magpasakop. Kung hindi kayo magpapasakop o makikinig sa mga lider, iyon ay pagmamataas, pag-aakalang mas matuwid kaysa sa iba, at paglaban sa diyos. Ang kahihinatnan ng paglaban sa diyos ay ang pagtitiwalag. Sa mga hindi malubhang kaso, puwede kang ihiwalay para sa pagninilay sa sarili; sa mga malubhang kaso, puwede ka pa ngang patalsikin sa iglesia!” Ginagamit nila ang mga parang makatwirang panlilinlang na ito para pilitin ang mga taong magpasakop sa kanila. Maliban dito, paano pinagbabantaan ng ilang iba pa ang partikular na anticristo ang mga tao? Inuudyukan nila ang iba na labanan at tanggihan ang mga hindi nagpapasakop sa kanila. Dagdag pa rito, tinatanggal nila o binabago ang pagkakatalaga ng tungkulin ng mga hindi sumusunod sa kanila. Ang ilang indibidwal ay talagang natatakot na mawalan sila ng tungkuling gagawin. Naniniwala silang sa paggawa ng mga tungkulin nila, puwede silang magkaroon ng tsansa sa kaligtasan, at ang kabiguang gumawa ng tungkulin ay puwedeng makapag-alis niyon. Iniisip ng mga anticristo sa puso nila, “Alam ko ang kahinaan mo. Kung hindi ka makikinig sa akin,

aalisan kita ng karapatang gawin ang tungkulin mo. Hindi kita pahihintulutang gawin ang tungkulin mo!” Hindi ba nila pinapahintulutan ang mga taong gawin ang tungkulin ng mga ito dahil ang mga taong ito ay hindi pasok sa pamantayan sa tungkulin nila o dahil ang paggawa ng mga ito ng tungkulin nila ay pumipinsala sa mga interes ng sambahayan ng Diyos? (Hindi.) Kung ganoon ay bakit nila ito ginagawa? Ito ay para ihiwalay ang mga taong hindi sumasang-ayon at gamitin ang paraang ito para takutin ang mga tao at pilitin silang makinig. Pagdating sa mga pananakot, talagang hindi sinusunod ng mga anticristo ang mga katotohanang prinsipyo sa pakikitungo sa mga tao o sa pangangasiwa sa mga usapin. Sa halip, gumagamit sila ng paninindak, pamumuwersa, at pamimilit para masunuring magpasakop at makinig ang mga tao sa kanila at hindi sila bigyan ng anumang problema o sirain ang mga gawain nila.

Ang paggamit ng anticristo ng mga pananakot ay hindi lang dahil hindi siya sinusunod o hindi siya sineseryoso at binabalewa siya ng mga tao—isang aspekto lang iyon nito. May isa pang dahilan, iyon ay, kapag natuklasan ng iba ang mga problema ng anticristo at gustong ilantad ang mga ito o iulat ang mga ito sa ang Itaas, natatakot siya na baka matuklasan ito ng ang Itaas o baka marami pang taong makaalam nito, kaya ginagawa niya ang lahat ng makakaya niya para pagtakpan ang mga bagay na ito at supilin ang mga ito, hindi kailanman hinahayaang masiwalat ang mga ito. Ano ang mangyayari kung mas maraming tao ang makaalam? Tatanggihan at isusumpa nila ang anticristo, wala nang sasamba sa kanya, at mawawalan na siya ng posisyon at awtoridad. Samakatwid, ang layunin ng anticristo sa paggamit ng paraang ito ng pananakot sa mga tao ay para rin ingatan ang sarili niyang posisyon at awtoridad. Naniniwala siyang kung hindi niya ito gagawin, magsisimula na siyang kilatisin ng mga kapatid, at hindi na siya mapipili sa susunod na halalan, magiging isa na lang siyang karaniwang mananampalataya. Ano ang ibig sabihin para sa kanya ng pagiging isang karaniwang mananampalataya? Ibig nitong sabihin ay wala siyang awtoridad, walang susunod sa kanya o magiging mga alipores niya, at ang posisyon at awtoridad niya ay tinanggal, iniwang hindi natutupad ang mga ambisyon at pagnanais niya. Ayaw niyang maging karaniwang mananampalataya o tagasunod, kaya ginagamit niya ang paraang ito ng pananakot sa mga tao para sindakin at pilitin ang mga taong makinig sa kanya at sumunod sa kanya, na nagpapahintulot sa kanyang patuloy na kumapit sa kanyang awtoridad at posisyon, patuloy na kontrolin ang mga tao at tanggapin ang suporta ng ilang tao. Ang lahat ng ginagawa ng anticristo ay umiikot sa kanyang posisyon. Sa tuwing ang anumang bagay ay may kinalaman sa posisyon niya, gagamit siya ng mga partikular na diskarte o paraan para puspusan itong ingatan at protektahan; kahit kapag nagtatanong ang ang Itaas sa ilan sa kanila tungkol sa ilang usapin, nagagawa niyang lantarang magsinungaling sa harapan ng mga ito. Halimbawa, nang tinanong ng ang Itaas kung ilang tao ang nakamit ng iglesia sa pamamagitan ng pangangaral ng ebanghelyo sa buwang ito, kahit na alam ng anticristo na wala itong nakamit, puwede siyang magsinungaling at magsabing may nakamit na limang tao. Nang kinompronta

ang anticristo ng mga kapatid na nakakaalam ng katotohanan, sinasabi na, “Nagsisiyasat lang ang limang taong iyon. Bakit sinabi mong nagkamit tayo ng limang tao? Dapat mong sabihin ang totoo sa ang Itaas,” ano ang sinasabi ng anticristo? “Bakit hindi tayo puwedeng magkamit ng lima? Sinabi kong limang tao, kaya lima ito. Walang silbi ang opinyon mo. Kung sasabihin nating wala tayong nakamit ni isang tao, paano ko ipapaliwanag iyon sa ang itaas? Kung gusto mo itong iulat, gawin mo, pero kung sasabihin mo ang totoo, baka pungusan ka ng ang itaas. Baka tanggalin nila kayong lahat na sangkot sa pangangaral ng ebanghelyo, o buwagin pa nga ang pangkat ng mga taga-ebanghelyo. Kung ganoon ay hindi mo na magagawa ang mga tungkulin mo, at hindi ako ang dapat sisihin dito.” Nang marinig ito ng taong ito, natigilan siya at hindi naglakas-loob na isumbong ito. Hindi ba’t pananakot ito? (Oo.) Isa itong tahasang pananakot, na ganoon kalantad ipinarating. Kapag narinig ito ng ilang tao, iisipin nila, “May mga kahihinatnan ang pagiging matapat na tao. Kung matapat ako, hindi ko magagawa ang tungkulin ko, kaya hindi ko ito iulat. Limang tao ang dapat naming iulat.” Ang ilang tao ay nababalisa sa kanilang puso, sinasabi na, “Kung wala tayong nakamit na sinuman, ganoon lang talaga iyon. Dapat tayong magpasakop sa kung paanong pinipili ng ang Itaas na pangasiwaan tayo.” Ano ang pananaw ng anticristo pagkarinig dito? “Pagpapasakop? Depende ito sa sitwasyon. Alam ba ng ang itaas ang mga paghihirap na hinaharap natin sa pangangaral ng ebanghelyo ngayon? May pakialam ba sila rito?” Nang magsiyasat ang ang Itaas tungkol sa sitwasyon ng pangangaral ng ebanghelyo, hindi sa wala silang alam sa mga hamon na kaakibat nito. Alam nila kung gaano karaming tao ang puwedeng makamit kahit papaano kada buwan, at hindi nila kailanman sinabi na kung walang makakamit na sinuman ang pangkat ng mga taga-ebanghelyo sa loob ng isang buwan, bubuwagin sila. Kaya saan nakuha ng anticristo ang pahayag na ito? (Inimbento niya ito.) Gawa-gawa niya ito para pagtakpan ang mga kasinungalingan niya, para kontrolin ang mga taong ito, para hindi makita ng ang Itaas o ng mga kapatid ang totoo sa mga kasinungalingan niya, at para patatagin ang posisyon niya para hindi siya matanggal—para dito ay nangahas siyang mag-imbento ng ganoong mga maladiyablong salita. Kaya siyang ilantad ng mga taong mapagkilatis, pero ang mga taong walang pagkilatis ay nalilihis, nag-iisip na, “Oo nga, hindi madaling makuha ang tungkuling ito. Hindi tayo puwedeng maging matapat sa ang Itaas. Kung sinasabi mong may limang tao, may lima. Kahit na hindi natin nakamit ang lima ngayong buwan, hahangarin nating makuha sila sa susunod na buwan. Tatal, kung makakamit natin sila sa susunod na buwan, hindi na ito magiging kasinungalingan.” Nandaraya ang anticristo, at iyong mga walang pagkilatis ay ginagawa ito kasama niya; isang grupo sila ng mga mandaraya. Ano ang layon ng anticristo sa pananakot sa mga tao? Ito ay ang pilitin ang mga itong sumunod at makinig sa kanya. Nagsisinungaling siya at gumagawa ng masama, kinokontrol ang iglesia, nanlilihis ng mga tao, nagsasagawa ng gawain nang hindi sumusunod sa mga prinsipyo o sa mga pagsasaayos ng gawain, at kahit gaano pa siya kawalang-pakundangang umasal, hindi niya pinahihintulutan ang mga kapatid na ilantad o iulat siya sa ang Itaas.

Sa sandaling matuklasan niyang may nagbabalak na mag-ulat sa kanya sa ang Itaas, saka siya gumagamit ng mga pananakot. Paano niya tinatakot ang taong iyon? Sinasabi niya, “Gumagawa tayo dito sa ibaba, at mahirap ang gawain. Hinaharap pa nga natin ang panganib ng pagkakaaresto ng malaking pulang dragon. Palaging hinihingi ng ang itaas na sumunod ang pagsasagawa natin sa mga pagsasaayos ng gawain. Napakarami nating tinitiiis na pagdurusa at napakalaki ng hinaharap nating panganib sa pangangaral ng ebanghelyo. Kapag hindi maganda ang mga resulta, gusto mo pa ring iulat ang mga iyon sa ang itaas, pagkatapos mong mag-ulat ay pupungusan ka nila. Hindi ako natatakot na matanggal bilang lider pagkatapos ka nilang pungusan, pero natatakot akong wala na kayong tungkuling gagawin. Kung wala na kayong tungkuling gagawin, huwag ninyo akong sisihin!” Parang napakamatwiran nito! Sinasabi rin niya, “Sino ba talaga ang gustong mag-ulat nito? Kung gusto ninyo itong iulat, hindi ko kayo pipigilan; alam na rin naman ng lahat ang tungkol sa mga bagay na ito. Kung hindi ninyo ito iulat sa ang itaas, hindi nila tayo sisihin. Kung iulat nga ninyo ito, mapupungusan tayo. Kayo ang makakapagpasya para sa inyong sarili; kung gusto ninyo itong iulat sa ang itaas, sige. Ngayon, kung sinuman ang gustong mag-ulat nito, magtaas kayo ng kamay.” Kapag narinig ng lahat ang tono ng pananalita nila, magsisimula silang mag-isip, “Talaga bang may pahintulot akong iulat ito o hindi?” Pagkatapos mag-isip, may ilang taong nagtataas ng mga kamay. Nakikita ito ng anticristo at iniisip niya, “Gusto mo pa rin itong iulat? Hindi ba’t naghahanap ka ng gulo? Sige, hindi kita kakalimutan.” Pagkatapos, nagsisimula siyang mag-isip ng mga pagkakataon para pahirapan ang taong ito. Nakakahanap siya ng dahilan, sinasabi na, “Hindi ka nagbunga ng anumang resulta habang ginagawa mo ang mga tungkulin mo kamakailan. Ang sinumang hindi nagbubunga ng mga resulta habang gumagawa ng kanyang mga tungkulin sa loob ng tatlong buwan ay babawian ng karapatang gumawa ng mga tungkulin. Kung hindi bubuti ang pagganap niya, ihihiwalay siya. Kung hindi pa rin siya magsisisi, paaalisin siya o patatalsikin!” Maglalakas-loob pa rin ba ang hangal na iyon, ang duwag na iyon na iulat ito? Pagkarinig nito, iisipin niya, “Hindi ko iniulat ito para sa aking sariling kapakanan. Ano ang punto ng pag-uulat nito? Paano kung iulat ko ito at pagkatapos ay aatakinhin at gagantihan ako ng lider, at itatakwil ako ng mga kapatid ko? Kung gayon, ihihiwalay ako sa loob ng iglesia. Mas mahalaga para sa akin na makinig sa lider; ni hindi ko nga alam kung nasaan ang diyos, may pakialam kaya siya sa buhay at kamatayan ko?” Kaya, hindi na niya ito iniulat. Hindi ba’t nasindak siya ng anticristo? (Oo.) Naniniwala ang taong ito “Maliit na bagay lang ang pagkakasala sa diyos. Ang diyos ay mapagmahal, mahabagin, mapagparaya, at mapagpasensiya; hindi siya mabilis magalit o manumpa at magparusa ng mga tao. Pero kung sasalungatin ko ang lider, kailangan kong magdusa. Walang maidudulot na mabuti sa akin ang pag-uulat sa mga problema; tatanggihan ako ng lahat. Hindi ko puwedeng gawin ang ganoon kahangal na bagay.” Hindi ba’t kawalan ito ng paninindigan? (Oo.) Paano dapat pakitunguhan ang ganoong taong walang paninindigan? Karapat-dapat ba siyang kaawaan? Ang ganoong taong walang paninindigan ay dapat na

ibigay kay Satanas, sa anticristo, para hayaang pahirapan siya ng anticristo—naranapat ito sa kanya. Wala siyang pananalig, determinasyon, at lakas na isagawa ang katotohanan at magpasakop sa Diyos, pero pagdating sa pagpapasakop sa anticristo, nagkakaroon siya ng partikular na lakas, handang gawin ang anumang hinihingi sa kanya at puno ng sigasig. Kapag tinatakot at sinisindak siya ng anticristo, hindi na siya naglalakas-loob na iulat ang mga problema. Hindi ba't isa itong duwag? Ano ang kolokyal na termino para dito? Pagiging sunud-sunuran at bumibigay kapag nahaharap sa anticristo. Marami-raming tao sa iglesia ang naging sunud-sunuran na dahil sa mga pananakot ng mga anticristo! Hindi alam ng mga indibidwal na ito kung paano haharapin ang katagang "Ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat." Kapag tinatakot, tinatanggihan, o inihihawalay sila ng anticristo, pakiramdam nila ay wala silang masasandalan, hindi sila nananampalataya sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay o sa pagiging matuwid ng Diyos, at hindi sila naniniwala na ang buhay ng mga tao ay nasa mga kamay ng Diyos. Sa ilang nakakasindak o nakakatakot na salita ng anticristo ay natatakot sila, at bumibigay sila, at hindi na sila naglalakas-loob na iulat ito.

Kapag iniuulat ng isang anticristo ang gawain niya sa ang Itaas, lantaran siyang nagsisinungaling at sila ay kanyang nilalansi. Hindi ito matagalan ng ilang nakakaalam ng katotohanan at gustong iulat ang sitwasyon sa ang Itaas. Mahigpit na kinokontrol at binabantayan ng anticristo ang mga tao. Agad niyang natutukoy ang sinumang may tendensiyang mag-ulat ng isang isyu sa ang Itaas. Kapag wala siyang ibang gagawin, tumutuon siya sa pagmamasid sa mga tao, sa mga salita at ekspresyon ng mukha ng mga ito, hinahanap ang mga taong may mga opinyon tungkol sa kanya, mga taong hindi tapat, mga taong hindi sumusunod sa kanya, mga taong nagiging banta sa kanyang posisyon, mga taong walang pakialam sa kanya, mga hindi sumeseryoso sa kanya, na hindi nagpapaupo sa kanya sa luklukan ng karangalan, at na hindi nagpapauna sa kanyang kumain sa oras ng pagkain. Nagdudulot ito ng problema para sa mga taong ito. Ano ang ginagawa ng anticristo sa ganoong mga tao? Ang ilang anticristo na lihim na mapanira ay hindi agad naglalantad ng tunay nilang kulay. Naghihintay sila ng pagkakataon para harapin ka. Kung hindi gagana iyon, gagamit sila ng malulupit na pananakot para iparamdam sa iyo na hawak nila ang buhay mo. Kung bilang isang mananampalataya ay puwede kang maligtas, kung kaya mong umabot sa dulo, kung puwede kang manatili sa iglesia—ang lahat ng ito ay nasa mga kamay nila at kailangan lang ng isang salita nila. Sila ang may huling pasya. Kung hindi ka makikinig, hindi ka susunod sa kontrol nila, hindi mo sila seseryosohin, at patuloy mong susubukang iulat ang mga isyu nila, magdurusa ka. Sisimulan nilang planuhin kung paano ka pahihirapan. Ano ang tingin ng anticristo sa pag-uugali ng mga kapatid na pag-uulat sa mga isyu niya sa ang Itaas? (Bilang pagsusumbong.) Eksakto, hindi niya ito nakikita bilang pag-uulat ng isang sitwasyon; ang tingin niya rito ay pagsusumbong. Ano ang ibig sabihin ng pagsusumbong? Ibig nitong sabihin ay pag-uulat sa ang Itaas ng iba't ibang bagay na ginagawa niya na lumalabag sa katotohanan at lahat ng masama niyang gawa, o pagsasalaysay sa ang

Itaas ng mga bagay tungkol sa kanya na hindi alam ng iba. Itinuturing niya itong pagsusumbong. Sa sandaling matuklasan niyang may isang taong nagsusumbong, dapat pahirapan ang taong iyon. Ang ilang taong magulo ang isip at walang paninindigan ay nasisindak sa mga pananakot ng anticristo, sa mga dominante at kasuklam-suklam na paraan niya. Kapag nagtatanong ang anticristo kung sino ang may pakikipag-ugnayan sa ang Itaas, bago pa siya makarating sa mga ito, agad nilang nililinaw, “Hindi ako iyon.” Tinatanong ng anticristo, “Kung ganoon ay paano nalaman ng ang itaas ang tungkol sa usaping iyon?” Pinag-iisipan nila ito at sinasabi, “Hindi ko rin alam.” Pinapahirapan sila ng anticristo hanggang sa punto na nabubuhay sila sa patuloy na pagkatakot, palaging kinakabahan, nangangambang baka patalsikin sila ng anticristo sa iglesia. Nababalisa at natatakot sila sa puntong nahihirapan na silang makaraos man lang sa maghapon. Matatakot ba sila nang ganito kung hindi sila tinakot nang ganito ng anticristo? Hindi, hindi sila matatakot nang ganito. Higit pa rito, may tunay ba silang pananampalataya sa Diyos? Wala, wala silang tunay na pananampalataya. Sila ay walang paninindigan at mga taong magulo ang isip. Kapag nakakaharap nila ang anticristo, naduduwag sila. Wala silang tunay na pananampalataya sa Diyos, pero kusang-loob silang sumusuko sa anticristo, handang gawin ang ipag-uutos niya. Sila, sa kalikasan, ay mga alipin ni Satanas.

Ano ang iba pang gawi na ginagamit ng mga anticristo para takutin ang mga tao? Ang ilang anticristo ay bihasa sa pagsasabi ng ilang tama at nakakaakit na doktrina para higpitan at pigilan ka. Sinasabi nila, “Hindi mo ba minamahal ang katotohanan? Kung minamahal mo ang katotohanan, dapat kang makinig sa akin dahil ako ang lider. Ang lahat ng sinasabi ko ay naaayon sa katotohanan. Dapat kang sumunod sa anumang sinasabi ko; kapag sinabi kong pumunta ka sa silangan, hindi ka dapat pumunta sa kanluran. Kapag may sinabi ako, hindi ka dapat magdalawang-isip; hindi ka dapat magkaroon ng anumang opinyon o pikit-matang makialam. Ang sinasabi ko ay ang katotohanan.” Kung hindi ka makikinig sa kanila, puwede ka nilang kamuhian o kondenahin. Anong uri ng pagkondena? Sasabihin nila, “Hindi ka talaga isang taong nagmamahal sa katotohanan; kung talagang minamahal mo ang katotohanan, bilang lider, tama ang mga salita ko—bakit ayaw mong pakinggan ang mga iyon?” Ginagamit ng mga anticristo ang mga tila tamang teorya at doktrinang ito para kontrolin at higpitan ka. Higit pa rito, ipinapaasikaso ng ilang anticristo sa mga tao ang mga personal nilang gawain, sinasabi na, “Lider na ako ngayon, at wala na akong oras para sa ilang personal na gawain. Isa pa, isa akong lider, at ang mga usapin ko ay ang mga gawain ng sambahayan ng diyos. Ang mga gawain ng sambahayan ng diyos ay mga gawain ko rin. Hindi na natin masyadong malinaw na matutukoy ang pagkakaiba ng mga iyon. Samakatwid, kailangan ninyong makibahagi sa pagpasan ng ilan sa mga gawain ko sa bahay, ng mga bagay na tulad ng pag-aalaga ng mga bata, pagsasaka, pagbebenta ng mga gulay, o pagtatayo ng bahay, at ng mga bagay na gaya ng kakapusan ng pera sa bahay. Dati ay tungkulin ko ang mga bagay na ito, pero ngayong lider na ako, naging tungkulin na ninyo ito—dapat kayong makibahagi sa pagpasan nito.

Kung hindi, palagi kong aalalahanin ang mga gawain ko sa bahay, magagambala ng mga bagay na ito, kung gayon, magiging epektibong lider pa rin ba ako?” Habang mas marami silang sinasabi ay mas lalo silang nagiging walang kahihiyan. Naririnig ito ng ilang tao at iniisip nila, “Hindi namin naisip na isaalang-alang ang puso mo—talagang wala kaming puso! Hindi mo kailangang magsalita; simula ngayon, kami na ang bahala sa lahat ng gawaing bahay mo.” Anong uri ng masarap na pakinggang katawagan ang ibinibigay ng mga anticristo sa sarili nilang mga gawain sa bahay at sa mga gawain ng pang-araw-araw nilang buhay? Tinatawag nila ang mga ito na “tungkulin ng mga tao,” ibig sabihin, kinukuha ng mga anticristo ang pagtatrabaho ng mga tao para sa kanilang pamilya, pagseserbisyo sa mga bata at matanda sa sambahayan nila, at pag-aasikaso sa mga personal na usapin ng kanilang buhay, at ginagawang usapin ng sambahayan ng Diyos ang mga ito. Dahil ang mga ito ngayon ay mga gawain na ng sambahayan ng Diyos, dapat mag-ambag ang bawat tao ng makatwiran niyang bahagi, at kung may gustong ipagawa sa iyo ang lider, nagiging tungkulin mo na ito. Hindi ba’t tila tama ito? Puwedeng isipin ng mga taong walang pagkilatis na tama ito. Naniniwala sila na dahil masyadong abala ang lider para asikasuhin ang sarili niyang mga gawain sa bahay, at sila mismo ay mahina ang kakayahan at hindi makagagawa ng anumang tungkulin, matutulungan lang nila ang lider na umako ng ilang gawaing bahay. Kaya, sa tuwing hindi sila abala ay nagtatrabaho sila sa bahay ng lider, tumutulong sa iba’t ibang gawain. Maituturing ba itong paggawa sa kanilang tungkulin? Puwede lang itong tingnan bilang masigasig na pagtulong sa mga tao. Para sa mga taong tunay na gumugugol ng kanilang sarili para sa Diyos, na sumusunod sa kalooban ng Diyos, kapag ang mga pamilya nila ay nahaharap sa mga paghihirap, nagsasaayos ang iglesia ng mga taong tutulong at mag-aasikaso ng mga gawaing bahay nila. Sa ganoong mga kaso, maituturing ito, sa ilang paraan, bilang pagganap ng tungkulin. May katuturan na ba ito ngayon? Ang anticristo, abala sa panlilihis at pagkokontrol sa mga tao sa iglesia, ay nagsasaayos ng kanyang mga gawaing bahay para sa mga kapatid, sinasabing paggawa din ito ng kanilang tungkulin. Ang ilang kapatid, dahil sa kawalan ng pang-unawa sa katotohanan, ay nalilihis at bukal sa loob na umaako ng mga gawaing ito, nasisiyahang gawin ito. Kalaunan, nararamdaman pa nga nilang may pagkakautang sila sa lider, iniisip na, “Nadurog ang puso ng lider at napaos ang boses niya sa kasasalita para sa atin. Masyado tayong hindi karapat-dapat. Napakarami na nating nagawang trabaho, pero paanong hindi pa rin natin nauunawaan ang anumang katotohanan?” Kung buong maghapon ay abala ka sa pagtatrabaho para sa lider at napapabayaang mo na ang pagdalo sa mga pagtitipon o pakikinig sa mga sermon, maaarok mo ba ang katotohanan? Talagang imposible. Nagpapalapad ka ng papel hanggang sa punto ng kamatayan! Paghahabol ito sa anticristo at pagkaligaw sa isang likong landas. Madalas gumagamit ang anticristo ng mga tila tamang pahayag, binabalot at pinoproseso ang mga iyon sa tamang pananalita, na nagdudulot sa mga taong maling paniwalaan na ang mga salitang ito ay talagang ang katotohanan, isang bagay na dapat nilang sundin at isagawa, at na dapat nilang

tanggapin ang mga salitang ito. Sa ganoong paraan, hindi kailangang kilatisin ng mga tao kung tama o mali ang ginagawa ng lider, o kung tama o mali ang sinusundan nila. Hindi ba't totoo ito? Panlilihis ang tawag dito, at pananakot din ito ng mga tao. Ginagamit ng anticristo ang mga tila tamang teorya at pahayag na ito para kontrolin ang mga taong ito. Hanggang saan niya sila kinokontrol? Ang mga taong ito ay maluwag sa loob na nagsusumikap para sa kanya, labis na nagpapakapagod para sa kanya, at nag-aasikaso ng lahat ng personal na gawain niya. Mas gugustuhin pa nilang lumiban sa mga pagtitipon, pabayaang sarili nilang mga tungkulin, iwan ang sarili nilang mga gampanin, at isakripisyo ang sarili nilang oras para sa espirituwal na debosyon, pagtitipon, at pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, para lang buong-oras na magserbisyo at labis na magpakapagod para sa anticristo. Bakit nagagawa nilang labis na magpakapagod nang ganito? May dahilan ito. Anong dahilan? Ito ay dahil sadyang sinasabi sa kanila ng anticristo, “Kung ni hindi mo maasikaso nang maayos ang mga bagay na ito, anong tungkulin ang kaya mong gawin? Kung hindi mo kayang gawin ang tungkulin mo, miyembro ka pa rin ba ng sambahayan ng diyos? Sige, hindi kita pamumunuan. Kung hindi kita pamumunuan, hindi ka mapapasama sa bilang ng sambahayan ng diyos. Dahil ako ang napili bilang lider, ako ang daan papasok sa iglesia na ito. Ang sinumang nagnanais na pumasok sa iglesia ay dapat may pagsang-ayon ko. Kung wala ang pagsang-ayon ko, walang sinumang makakapasok. Kahit na may pinapaalis ang iglesia, dapat may pagsang-ayon ko ito bago sila puwedeng umalis. Samakatwid, ang gawaing inaatas ko sa inyo at ang mga gampaning ibinibigay ko sa inyo ang bumubuo sa inyong tungkulin. Kung hindi mo gagawin ang tungkuling ito, sinasabi sa mga salita ng diyos na ang mga hindi gumagawa ng tungkulin ay hindi magkakaroon ng tsansa sa kaligtasan, at na hindi sila mapapasama sa bilang ng sambahayan ng diyos!” Hindi ba't pananakot ito? (Oo, pananakot ito.) Anong paraan ang ginagamit para takutin ang mga tao? (Mga tamang salita.) Pananakot ito ng mga tao gamit ang mga tamang salita, mga salitang tila naaayon sa katotohanan—paghahalo ito ng dalawang ganap na magkaibang bagay. Ginagamit ng anticristo ang paggawa sa mga tungkulin bilang palusot para maisakatuparan ang mga personal niyang mithiin. Pero paggawa ba talaga ng tungkulin ang paggawa ng mga bagay para sa kanya? Binabaluktot niya ito para palabasing isa itong tungkuling dapat gawin ng mga tao, at pagkatapos ay gamitin ang prinsipyo at mga pamantayan ng paggawa ng tungkulin para hingin sa mga kapatid na labis na magpakapagod para sa kanya. Nananakot pa nga siya na kung hindi labis na magpakapagod ang mga ito para sa kanya, ang mga ito ay hindi magkakaroon ng tsansa para sa kaligtasan at paaalisin sila sa iglesia at ititiwalag sa sambahayan ng Diyos. Kapag narinig ng mga hangal at walang pagkilatis na indibidwal na ito ang tindi ng mga kahihinatnan, agad nilang inaako ang lahat ng gawain sa sambahayan ng lider at ang mga pang-araw-araw na gawain niya, napapanatag sa sandaling matapos na sila. Iniisip pa nga nila, na nasisiyahan sa sarili nila, “Ngayon, natupad ko na nang maayos ang tungkulin ko. Hindi talaga ako naging tamad, at naging mapagmalasakit ako sa kalooban

ng lider. Nagawa ko na ang lahat ng iniutos sa akin ng lider, at naasikaso ko na ang lahat ng gawaing bahay ng lider. Ito ang kahulugan ng pagiging mapagmalasakit sa diyos! Nasisiyahan ang lider, at ganoon din ang diyos. Ngayon ay may pag-asa na ako para sa kaligtasan!” Pag-asa ba ang tawag dito? Hindi ba’t naging mga alipin na sila ng anticristo? Hindi ba’t nailigaw na sila ng anticristo? Anong papel ang ginagampanan ng anticristo rito? Hindi ba’t kumikilos siya na parang isang kidnaper? Buktot ang disposisyon niya, at siyempre, mas malala ang kabuktutan kaysa sa panlilinlang. Sa gayon talagang alam niya kung ano ang sasabihin at kung anong mga teorya ang gagamitin para higpitan ang mga tao, para isakatuparan ang lihim niyang motibo, para makuha ang loob ng mga tao, at para makontrol ang pag-uugali at mga iniisip nila. Alam na alam niya ang lahat ng ito. Samakatwid, ang mga layong gustong isakatuparan ng anticristo sa pamamagitan ng lahat ng sinasabi at ginagawa niya ay maingat na pinag-isipan at matagal na pinagplanuhan. Talagang hindi ito isang usapin ng wala sa loob na pagsasabi o paggawa ng isang bagay at pagkatapos ay pagkakaroon ng hindi inaasahang resulta—talagang hindi ito ganito. Kaya, ang mga taong bukal sa loob na nagseserbisyo at lubos na nagpapakapagod para sa isang anticristo, maliban sa nalilihis na ng mga salita niya, ay nasisindak at napipilit din ng isang uri ng mapanlinlang na retorika ng anticristo. Siguro ay bukal sa loob nilang ginagawa ang mga bagay na iyon para sa anticristo, pero hindi ba’t may isyu sa “pagiging bukal sa loob” na ito? Hindi ba’t dapat itong lagyan ng mga panipi? (Oo.) Talagang hindi ito isang tunay na pagganap sa tungkulin kundi sa halip ay isang bungang idinulot ng pagkakalihis sa kanila ng isang partikular na teorya, isang partikular na tama at masarap na pakinggang argumento o mapanlinlang na retorika na nanlilihis ng mga tao. Dahil nag-aalala silang hindi nila magagawa ang kanilang tungkulin, na patatalsikin sila, at hindi sila maliligtas, bukal sa loob nilang tinatanggap ang gawaing itinalaga sa kanila ng anticristo, iniisip pa ngang ginagawa nila ang tungkulin nila para sa Diyos. Masyadong naging magulo ang isip nila!

Ang mga pananakot ng mga anticristo ay nagpapahintulot sa mga taong makita nang malinaw ang tunay na mukha ng mga ito. Gumagamit ba kayo ng ganoong mga pananakot? May pagkakaiba ba ang mga pananakot sa mga babala o payo? (Oo.) Kaya ba ninyo itong kilatisin o hindi? Nasaan ang pagkakaiba? Hanapin ninyo ang pagkakaibang ito, at mauunawaan ninyo at magagawa ninyong kumilatis. (Magkaiba ang mga intensyon nito.) Ang mga intensyon at motibo ay tiyak na magkaiba. Kaya, nasaan talaga ang pagkakaiba? Ano ang pananakot? Ang pananakot ay may mga kaakibat na salitang puwedeng maganda at tama at hindi masyadong sumasama ang loob ng mga tao kapag naririnig nila ang mga iyon, pero ang layunin ng mga iyon ay personal na pakinabang. Sa kabilang banda, ano ang layon ng payo at mga babala? Ito ay ang tulungan ang mga tao, para pigilan silang magkamali, maligaw ng landas o lumiko, malihis, at tulungan silang mabawasan o maiwasan ang mga kawalan. Hindi personal na pakinabang ang layunin nito kundi para lang tulungan ang iba. Hindi ba’t iyon ang pagkakaiba? (Oo.) Sa aspektong ito, kailangan ninyong matutong kumilatis. Dahil lang

napagbahaginan na ang pagpapamalas ng mga anticristo ng pananakot sa mga tao, hindi ibig sabihin niyon na hindi na kayo maglalakas-loob na magbigay ng mga babala kapag kinakailangan habang nakikipag-usap sa iba. Kapag kailangan ng isang babala, dapat ninyo itong ibigay. Ang mga babala at payo ay hindi katulad ng mga pananakot. Ang mga babala ay tunay na naglalayong tumulong sa mga tao para magawa nila nang maayos ang mga tungkulin nila, tinitiyak na hindi nakokompromiso ang gawain ng sambahayan ng Diyos. Lehitimo ang layon ng mga ito. Ang pananakot, sa kabilang banda, ay may hindi lehitimo at lihim na motibo—may nakapaloob ditong personal na ambisyon at makasariling pagnanais. Halimbawa, kapag ipinapagawa ng anticristo sa iba ang mga gawaing bahay niya, ano ang makasarili niyang pagnanais? Gusto lang niyang tamasahin ang mga pakinabang ng katayuan, pinapagawa sa iba ang marumi at nakakapagod na trabaho habang wala siyang ginagawa. Pagkatapos, may dapat pang maghain sa kanya ng pagkain nang tatlong beses sa isang araw. Naniniwala siya na ngayong may hawak na siyang posisyon, puwede nang magsimula ang kasiyahan niya. Gayumpaman, hindi makatwirang direktang sabihin sa mga taong gumawa ng trabaho para sa kanya, kaya lumilikha ang anticristo ng isang serye ng mga dahilan, sinasabi na, “Ngayong isa na akong lider, abalang-abala na ako sa mga tungkulin ko. Kung may pasanin at pagkatao kayo, dapat kayong matutong makipagtulungan. Ano ang kaya ninyong gawin? Ang kaya lang ninyong gawin ay magsikap, hindi ba? Walang gagawa ng trabaho sa taniman ko ng gulay sa bahay, at hindi kayo tumutulong! Kung tutulong kayo, patutunayan nitong may mabuti kayong puso, at talagang ginagawa ninyo ang tungkulin ninyo sa pamamagitan ng pagtulong sa akin sa gawain. Lider ninyo ako—hindi ba’t ang mga gawain ko ay gawain din ninyo? Hindi ba’t ang mga gawain ninyo ay mga bagay na dapat ninyong gawin, at ang dapat ninyong gawin ay tungkulin ninyo, hindi ba?” Kapag nag-aatang siya ng ganoon kalaking responsabilidad sa mga balik at mo, at napag-iisipan mong may katwiran ang sinasabi ng lider, ginagawa mo ang trabaho para sa kanya. Hindi ba’t pagkakalinlang ito? Ang isang anticristo ay may mga sariling layon, at bago niya maisakatuparan ang mga layong iyon, kailangan niyang maghanap ng mga angkop na palusot at teorya para itaguyod ang isang pagkukunwari. Pagkatapos, ang mga taong tatanggap sa mga teoryang ito ay magtatrabaho para sa kanya, maisasakatuparan niya ang pakay niya, at pagkatapos ay matatamasa niya ang mga pakinabang ng katayuan. Hindi ba’t isa itong taong palamunin sa iglesia? (Oo.) Iyon nga talaga iyon. Tamad siya at ayaw niyang magtrabaho, nag-iimbot ng pisikal na ginhawa at ng mga pakinabang ng katayuan. Namumulitika siya, at kapag hindi siya makahanap ng mga angkop na salita, kumukuha siya ng mga makatwiran at mas madaling tanggapin kataga mula sa mga salita ng Diyos at sa doktrinang nauunawaan niya. Ginagamit niya ang mga salitang ito para ilihis at paghigpitan ang mga taong hindi nakakaarok sa katotohanan at mga hangal. Sa paggawa niyon, naisasakatuparan niya ang mga lihim niyang pakay, nagagawang bukal sa loob na tanggapin ng mga tao ang manipulasyon niya. Iniisip pa nga ng ilang tao na kung hindi nila pakikikingan ang mga

salita ng lider o hindi nila magagampanan nang maayos ang mga gawaing iniatas sa kanila ng lider, hindi nila nagawa nang maayos ang kanilang tungkulin. Pakiramdam nila ay may utang sila sa Diyos at lumuluha pa nga. Hindi ba't isa itong malalim na antas ng kaguluhan ng isip? Sa sobrang gulo ng isip nila ay nakakasuklam na ito.

Ang mga anticristo ay madalas magsalita gamit ang mga pananakot para isakatuparan ang mga layon nila, pero ang mga pananakot nila minsan ay nasa anyo ng mga tamang salita at sa mahinahong paraan, parang isang ahas na unti-unting pumupulupot sa iyo—sa sandaling mapuluputan ka na, handa na silang hingin ang buhay mo. Sa ibang pagkakataon, hindi mahinahon ang mga pananakot nila, kundi mabagsik at malupit, na parang isang lobo na nakakakita ng isang tupa at nagpapakita ng malupit nitong mukha. Ang intensyon nila ay sabihin sa mga tao: “Kung hindi ka makikinig sa akin, makukuha mo ang nararapat sa iyo, at kung magkakaroon ng mga kahihinatnan, ikaw mismo ang mananagot!” Ano ang mga tipikal na kagamitan sa pakikipagtawaran na ginagamit ng mga anticristo sa mga pananakot nila? Pinupuntirya nila ang mga destinasyon ng mga tao, ang tungkulin ng mga ito, at maging ang posisyon at pag-alis o pananatili ng mga ito sa iglesia. Ginagamit ng mga anticristo ang mga taktikang ito, at siyempre ang iba pa, para manakot ng mga indibidwal. Gayumpaman, sa pangkalahatan ay nauuri sa dalawang categoryang ito ang mga estratehiya nila: Minsan, susuyuin ka nila gamit ang magagandang salita, at sa ibang pagkakataon, pakikitunguhan ka nila nang puwersahan at mapaminsala. Ano ang layunin ng mga pananakot ng mga anticristo? Una sa lahat, gusto nilang pakinggan sila ng mga tao. Nilalayon nilang magani ng mga pakinabang mula sa ibang tao, magtamasa ng mga pakinabang ng katayuan, at magpakasasa sa iba't ibang benepisyong at kasiyahang kaakibat nito. Pangalawa, ayaw nilang ibunyag ng sinuman ang tunay na kalagayan ng mga bagay o hamunin ang posisyon nila. Hindi nila palalampasin ang paggawa ng mga tao ng anumang bagay na nagbabanta sa posisyon nila. Halimbawa, kung may ilang taong gustong mag-ulat sa sitwasyon nila sa mga nakatatasa o kung may ilang taong nakakakilatis sa kanila at gustong pagkaisahin ang mga kapatid para tanggihan at alisin sila sa katungkulan, gagamit ang mga anticristo ng mga taktika ng pananakot. Ang isang aspekto ng layon ng pananakot ay para matamasa ang maraming pakinabang na kaakibat ng posisyon nila, at ang isa naman ay para mapanatili ang posisyon nila. Ang mga ito mismo ang dalawang pakay ng mga anticristo sa pananakot ng mga tao—parehong umiikot ang mga ito sa posisyon. Saan nanggagaling ang lahat ng iba't ibang pakinabang na ito? Nanggagaling din ang mga ito sa posisyon nila. Sinasabi ng ilang anticristo, “Kung hindi ka susunod sa bagay na ito, pananagutan mo ang mga kahihinatnan!” Kung may makakakilatis sa kanila at hindi makikinig sa kanila, mag-iisip ba sila ng paraan para pangasiwaan ito? Hindi nila basta tatanggapin na lang ang puwedeng mangyari. Hangga't may kaunting pag-asa para sa kanila na mapanatili ang posisyon nila, ipaglalaban nila ito nang matindi. Ang kasabikan nila sa posisyon ay nakakahigit sa karamihan ng tao. Para itong lobo na nakakakita ng tupa—nagsisimula itong maglaway bago pa man ito

magsimulang kumain. Nanlilisik ang mga mata nito at pinag-iisipan nitong kainin ang tupa; ganito ang uri ng pagkatakam na mayroon ito. Hindi ba't ito ang kalikasan nito? (Oo.) Ang kasabikan ng mga anticristo sa posisyon ay katulad ng kasabikan ng lobo sa tupa, isang pangangailangang nakapaloob sa mapaminsala nilang kalikasan. Samakatwid, ang mga pananakot nila sa iba ay hindi maaaring mawala.

IV. Isang Paghihimay Kung Paano Kinokontrol ng mga Anticristo ang mga Tao

Ang pagkontrol sa mga tao ay isa sa mga taktikang ginagamit ng mga anticristo. Paano nila kinokontrol ang mga tao? Ang mga anticristo ay may higit sa isang kalipunan ng pamamaraan para sa pagkontrol sa mga tao; marami sila nito. Naranasan na ba ninyo ito kahit minsan? Ang ilang indibidwal ay maaaring hindi kailanman naglingkod bilang mga lider, pero nagkikimkim sila ng pagnanais na kontrolin ang iba—ito ay tanda ng potensyal na isang anticristo. Anuman ang kanilang edad, lokasyon, o mga kalagayan, gusto nilang magkaroon ng kontrol sa mga tao. Kahit sa mga usapin ng pagkain, paggawa, o sa iba't ibang larangan ng kadalubhasaan o propesyonal na usapin, gusto nilang pakinggan sila ng mga tao, at hindi nila palalagpasin ang sinumang hindi nakikinig sa kanila. Ni hindi nila makontrol ang pagnanais nilang humawak ng kapangyarihan sa iglesia. Ang tingin nila rito ay pagtupad sa responsabilidad at obligasyon nila, iniisip na ginagawa lang nila ang bahagi nila, hindi napapagtanto na ito ang ambisyon at pagnanais nila, na ito ang tiwaling disposisyon nila. Kaya, paano kinokontrol ng isang anticristo ang mga tao? Halimbawa, kapag nahalal siya bilang lider, sa pinakaunang araw, nagsisimula siyang mag-isip, “Hindi regular ang mga gawi sa pagkain at pang-araw-araw na rutina ng mga taong ito; maraming trabahong dapat gawin. May mga kaakibat na mahalagang responsabilidad ang pagiging isang lider—isa itong mabigat na pasanin!” Ginugugol ng anticristo ang buong maghapon nang nakakulong sa kuwarto niya, nagsusulat ng dalawa o tatlong pahina ng materyal. Ano ang nasa materyal na ito? Una, may kinalaman ito sa pagkain. Dapat kumain sa mga partikular na oras, sa mga partikular na lugar, nang may partikular na dami ng pagkain. Almusal nang 6:30 ng umaga, tanghalian nang 12:30 ng tanghali, at hapunan nang 6:30 ng gabi—dapat kumain sa tatlong oras na ito, hindi mas maaga o mas huli nang isang minuto. Anuman ang mga kalagayan ay dapat nasa oras ka, kahit na umulan o magsimulang bumagyo, at kung lalabagin mo ang mga panuntunang ito, hindi ka makakakuha ng pagkain. Pagkatapos nariyan ang usapin ng mga pang-araw-araw na rutina, na napakahalaga. Dapat kang bumangon nang 6:00 tuwing umaga, kahit gaano ka pa nagpuyat noong nakaraang gabi. Dapat kang magpahinga pagkatapos ng tanghalian nang 1:00 ng hapon, at matulog agad nang 10:00 tuwing gabi. Kapag natapos na nilang gumawa ng mga panuntunan sa pagkain at mga pang-araw-araw na rutina, marami pa ring ibang partikular na patakaran. Halimbawa, dapat kang kumain sa mga nakatalagang lugar at hindi gumawa ng anumang ingay habang kumakain. Ang bawat tao ay kinakailangang

magsuot ng partikular na damit, at iba pa. Masyadong detalyado ang mga panuntunang ito, higit pa sa mga atas administratibo sa sambahayan ng Diyos. Ang pang-araw-araw na maliliit na detalyeng ito ay walang kinalaman sa katotohanan. Basta't organisado at angkop ang pang-araw-araw na buhay at mga gawi sa pagkain ng isang tao, hindi nakakapinsala sa kalusugan niya, ang pagsunod sa prinsipyong ito ay sapat na. Hindi na kinakailangan ng ganoong mga detalyadong patakaran. Kaya bakit lumilikha ang anticristo ng ganoon kadetalyadong mga panuntunan? Sinasabi nila, "Hindi mabuti na maiwang hindi pinamamahalaan ang mga tao. Hindi kailanman nabanggit sa mga salita ng diyos ang mga usaping ito, at kung wala ang mga partikular na detalyeng ito, magiging hindi disiplinado, walang kaayusan, at walang anumang wangis ng tao ang buhay natin. Ngayong ako na ang lider, puwede na kayong lahat maituwid. Hindi na kayo mga tupang pagala-gala; may mag-aalaga na sa inyo." Ang mga mahalaga at hindi mahalagang usapin ng pang-araw-araw na buhay, katulad ng damit, pagkain, tirahan, at transportasyon ay pawang maingat na binigyan ng mga panuntunan. Pagkatapos ay nagsasabi sila ng "lihim" sa iyo, sinasabi, "Hindi kailanman binanggit ng mga salita ng diyos ang mga partikular na detalyeng ito ng pang-araw-araw na buhay. Dahil lang hindi binanggit ng diyos ang tungkol dito ay hindi nangangahulugang hindi natin ito dapat malaman. Dapat akuin nating mga tao ang gawain ng lahat ng detalyadong usapin na ito na hindi kailanman binanggit ng diyos." Gumagawa sila ng kalipunan ng mga panuntunan at patakaran sa labas ng mga salita ng Diyos, tila detalyado at malinaw na tinukoy na may mga tuwirang termino, para palitan ang katotohanan at pamunuan ang iba. Sa sandaling ilabas ang mga partikular at malinaw na tinukoy na patakarang ito, inaasahang susunod ang mga tao sa mga tinatawag na panuntunan nila. Kung may sinumang hindi susunod, susuway, magwawalang-bahala, o lalabag sa mga panuntunang ito, pupungusan siya ng anticristo. Pagkatapos siyang pungusan, sinisiguro nilang tinatanggap ng taong iyon ang mga panuntunang ito at tinatanggap ang mga ito mula sa Diyos. Ginagamit nila ang mga bagay na ito para palitan ang katotohanan at pamunuan ang mga tao, kaya anong uri ng landas ang tatahakin ng mga taong ito? Susunod lang ang mga ito sa mga patakaran at ritwal, sinusunod lang ang porma. Sa ilalim ng ganoong pamumuno, puwedeng maling maniwala ang mga tao gamit ang sarili nilang mga kuru-kuro, "Kung kaya kong panatilihin ang mga panlabas na patakaran at pormalidad, kung kaya kong sumunod sa iskedyul ng paggising, pagtulog, at pagkain, hindi ba't ibig sabihin niyon ay isinasagawa ko ang katotohanan? Hindi ba't maliligtas ako kung ganoon?" Ganoon ba talaga kasimple ang kaligtasan? Napakadali bang matamo ang katotohanan? Tumutukoy lang ba ang katotohanan sa pag-uugali ng tao? Hindi. Paano itinuturing ng anticristo ang mga pagbabago sa disposisyon ng mga tao, sa pagkaunawa ng mga ito sa katotohanan, at sa pagsasagawa sa katotohanan? Itinuturing nila ang mga ito na para bang katumbas ng pagsunod sa pampublikong kaayusan o pagsunod sa mga batas ng bansa. Pinapaniwala pa nga nila nang mali ang mga tao na ang mga panuntunan at patakarang ito ay mas mataas at mas

kongkreto at praktikal kaysa sa mga salita ng Diyos. Sa realidad, ginagamit nila ang mga bagay na ito para ilihis at kontrolin ang mga tao, mahigpit na kinokontrol ang pag-uugali ng mga ito. Hindi nila nilulutas ang mga problema gamit ang katotohanan, ni hinihikayat ang mga taong mamuhay, kumilos, at gumawa ng mga tungkulin ng mga ito ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Sa halip, artipisyal silang nagbabalangkas ng kalipunan ng mga panuntunan, patakaran, at sistema para sundin ng mga tao. Ano ang layunin nila? Gusto nilang magpasakop sa kanila ang mga tao, isiping mautak sila, at sundin ang pamumuno nila sa pamamagitan ng pagsasagawa at pagsunod sa mga panuntunan at patakarang ito. Sa ganitong paraan, naisasakatuparan nila ang mga layon nila. Pinapakay nilang maisakatuparan ang layon nilang kontrolin ang lahat ng bagay tungkol sa lahat ng tao sa pamamagitan ng pagpigil at pagpapare-pareho sa pag-uugali ng mga tao. At siguro, tungkol sa mga motibo nila sa pagkilos, puwedeng wala silang lantad na pagnanais sa katayuan, pero ang pinakakinahihinatnan ay na nakokontrol nila ang mga tao, at namumuhay at kumikilos ang mga tao nang ganap na ayon sa mga panuntunan at patakarang itinakda nila. Sa ganoong sitwasyon, may puwang pa rin ba ang katotohanan sa puso ng mga tao? Wala na. Walang espirituwal na pang-unawa ang mga anticristo, at hindi nila nauunawaan ang katotohanan. Kung isasabuhay mo ang buhay iglesia mo kasama sila, ipapagawa nila ang ganito sa iyo ngayon at ang ganyan bukas, talagang hindi makapagbahagi tungkol sa mga katotohanang prinsipyo. Sa halip, bibigyan ka lang nila ng sangkatutak na patakarang susundin. Puwedeng pagod na pagod ka na sa pagsunod sa kanila, pero hindi puwedeng hindi ka susunod sa kanila. Hindi ka nila papayagang kumilos nang malaya. Isang paraan ito ng pagkontrol ng mga anticristo sa mga tao.

Ano ang pangunahing kinokontrol ng isang anticristo sa mga tao? (Ang mga kaisipan nila.) Tama iyon; pangunahin niyang kinokontrol ang mga kaisipan ng mga tao. Hindi lang ito tungkol sa pagkontrol sa sinasabi at ginagawa ng mga tao. Sa ilalim ng pagkukunwaring pagbabahagi tungkol sa katotohanan, gumagamit siya ng mga walang kabuluhang teorya at tusong maling pangangatwiran para ilihis ka, sa layuning kontrolin ang mga kaisipan mo, upang mapasunod ka sa kanya at sundan ang kanyang pamumuno. Ito ang ibig sabihin ng panlilihis at pagkontrol sa mga tao. Kung hindi mo susundin ang mga tagubilin niya, puwede mong maramdaman na parang sumasalungat ka sa katotohanan, at puwede mo pa ngang maramdamang may pagkakautang ka sa kanya o parang hindi mo kayang humarap sa kanya. Isa itong tanda na nasa ilalim ka na ng kontrol niya. Gayumpaman, kung hindi mo isasagawa ang katotohanan o hindi ka magpapasakop sa Diyos, mararamdaman mo ba sa puso mong may pagkakautang ka sa Diyos? Kung hindi, wala kang konsensiya at pagkatao. Kung kaya mong sundin ang anticristo sa halip na isagawa ang katotohanan, nang walang anumang pakiramdam ng pagkabalisa sa puso mo o pagkakonsensiya, ibig nitong sabihin ay nasa ilalim ka ng kontrol niya. Ang pinakakaraniwang palatandaan ng kontrol ng anticristo ay na sa saklaw ng awtoridad niya, siya lang ang may huling pasya. Kung wala siya, walang sinumang nangangahas

na magdesisyon o lumutas ng isang usapin. Kung wala siya, ang iba ay nagiging parang mga batang naliligaw, mangmang kung paano magdasal, maghanap, o kumonsulta sa isa't isa, umaasal na parang mga papet o mga patay na tao. Tungkol sa madalas sinasabi ng mga anticristo para ilihis at kontrolin ang mga tao, hindi natin iyon idedetalye rito. Tiyak na marami silang ginagamit na pahayag at taktika, at ang mga resultang kahihinatnan ng mga iyon ay makikitang nangyayari sa mga taong nalilihis. Hayaan ninyong magbigay Ako ng halimbawa. May ilang indibidwal na may karaniwang kakayahan, hindi masyadong masama, na tapat na gumagawa ng tungkulin nila at madalang maging negatibo. Gayumpaman, pagkatapos gumawa kasama ang isang anticristo para gawin ang tungkulin nila sa loob ng ilang panahon, umaasa na sila sa anticristo. Pinipili nilang sumunod sa pamumuno ng anticristo sa lahat ng bagay, at nagiging pangunahing suporta nila ang anticristo. Sa sandaling mahiwalay sila sa anticristong ito, nagiging hindi sila epektibo sa lahat ng ginagawa nila. Kapag wala ang anticristo, hindi na sila umuusad sa pagganap ng tungkulin nila, at kahit kapag nahaharap sila sa problema, hindi nila magawang makakuha ng mga resulta sa pamamagitan ng pakikipagbahaginan. Magagawa lang nilang hintaying bumalik ang anticristo at lutasin ito para sa kanila. Sa realidad, dating may kakayahang mangasiwa ng ganoong mga bagay ang mga indibidwal na ito dahil sa kakayahan, talino, karanasan, at pinagmulan nila bago ang pagkontrol ng anticristo, pero pagkatapos makontrol ng anticristo, wala na ngayong nangangahas na magdesisyon o magbigay ng malilina na solusyon para pangasiwaan ang mga usapin nang wala roon ang anticristo. Tila nakulong na ang mga kaisipan nila, katulad ng mga katangian ng mga taong nasa kalagayang medyo mala-gulay. Anong mga bagay ang ginawa ng anticristong kumokontrol sa mga taong ito para sila ay magpakita ng ganoong mga pag-uugali? Siguradong nagkaroon ng ilang tahasang kasabihan o pahayag para mapasunod sila sa puso at isip. Siguradong nagkaroon din ng ilang pahayag, pananaw, o kilos na sinang-ayunan ng mga taong ito. Gayumpaman, ganap na walang katotohanang realidad ang mga anticristo. Ang mga pahayag at pananaw nila, kahit na tama, ay naglalayong ilihis ang mga tao at hindi kumakatawan sa anumang katotohanang realidad na nasa kanila. Hinahangaan ng ilang tao ang mga anticristo dahil talagang nagtataglay sila ng kaunting kaloob at talento. Gayumpaman, hindi ipinapahiwatig ng mga katangiang ito na tinataglay nila ang katotohanang realidad. Ang mga taong sumasamba sa mga anticristo ay sumasamba sa mga ito dahil hindi nila taglay ang katotohanan at hindi nila kayang kumilatis ng mga tao, na siyang dahilan kung bakit kaya nilang sambahin ang mga anticristo at maging ang ilang kilala at dakilang espirituwal na tao. Puwedeng mailihis ng mga anticristo ang ilang tao, pero pansamantala lang ito, at sa sandaling mapagtanto ng mga tao na kaya lang ng mga anticristong magsalita tungkol sa mga espirituwal na teorya at hindi ang magsagawa ng katotohanan, na walang anumang nagawa ang mga anticristo para ingatan ang gawain ng iglesia at tunay na mga mapagpaimbabaw na Pariseo ang mga ito, tatanggihan at kamumuhian nila ang mga ito. Napakaraming pagkakataon na

ginagamit ng mga anticristo ang mga kaloob at husay nila sa pananalita para ilihis ang mga taong hindi nakakaunawa sa katotohanan. Halimbawa, kung magbibigay ka ng isang makatwirang suhestiyon, dapat tumuon ang lahat sa tamang mungkahing ito at patuloy na magbahaginan tungkol dito, at ito ang tamang landas at nagpapakita ito ng pagkamatapat at pagiging responsable sa tungkulin nila, pero iniisip ng anticristo sa puso niya, “Bakit hindi ako ang unang nakaisip ng mungkahing iyon?” Sa kaibuturan niya ay inaamin niyang tama ang mungkahi, pero kaya ba niya itong tanggapin? Dahil sa kalikasan niya, lubos niyang hindi tatanggapin ang tama mong suhestiyon. Gagawin niya ang lahat ng posibleng gawin para tanggihan ang mungkahi mo, pagkatapos ay mag-iisip siya ng alternatibong plano para iparamdam sa iyo na lubos na hindi magagawa ang mungkahi mo, at mas maganda ang plano niya. Gusto niyang maramdaman mong wala kang magagawa nang wala siya at na sa pagtatrabaho lang niya magiging epektibo ang lahat ng tao. Kapag wala siya, walang trabahong magagawa nang tama, at ang lahat ng tao ay nawawalan ng halaga at walang kahit anong magawa. Ang estratehiya ng anticristo ay ang palaging lumitaw na bago at kakaiba at magsabi ng mga grandiyosong pahayag. Kahit gaano pa katama ang mga pahayag ng ibang tao, tatanggihan nila ang mga iyon. Kahit na tumutugma ang mga suhestiyon ng ibang tao sa sarili nilang mga ideya, kung hindi sila ang unang nagmungkahi sa mga iyon, hindi nila kailanman kikilalanin o gagamitin ang mga iyon. Sa halip, gagawin nila ang lahat ng makakaya nila para maliitin ang mga iyon, pagkatapos ay papabulaanan at kokondenahin ang mga iyon, tuloy-tuloy na pupunahin ang mga iyon hanggang sa maramdaman ng taong nagbibigay ng mga suhestiyon na mali ang mga ideya niya at aminin ang sarili niyang pagkakamali. Saka lang ito titigilan ng anticristo sa wakas. Nasisiyahan ang mga anticristo na itinataas ang kanilang sarili habang minamaliit ang iba, upang mapasamba ang iba sa kanila at ilagay sila sa sentro. Ang sarili lang nila ang hinahayaan nilang mangibabaw, habang ang iba ay puwede lang manatili sa likuran. Ang anumang sabihin o gawin nila ay tama, at ang anumang sabihin o gawin ng iba ay mali. Madalas silang nagsusulong ng mga bagong pananaw para pabulaanan ang mga pananaw at kilos ng iba, hinahanapan ng mali ang mga suhestiyon ng iba at ginagambala at tinatanggi ang mga mungkahi ng iba. Sa ganitong paraan, dapat na makinig sa kanila ang ibang tao at kumilos ayon sa mga plano nila. Ginagamit nila ang mga paraan at estratehiyang ito para tuloy-tuloy kang tanggihan, atakihin, at iparamdam sa iyo na parang wala kang kakayahan, sa gayon ay ginagawa kang lalong mapagpasakop sa kanila, mas humahanga sa kanila at mas mataas ang tingin sa kanila. Sa ganoong paraan, lubusan ka nilang nakontrol. Ito ang proseso kung paano sinusupil at kinontrol ng mga anticristo ang mga tao.

Gumagamit ang isang anticristo ng iba’t ibang paraan para ilihis at kontrolin ang mga tao; hindi isang kindat o kaunting salita ang nagdudulot sa mga taong sumunod sa kanya—hindi talaga iyon ganoon kasimple. Tungkol man ito sa pagkontrol sa mga tao o pagkontrol sa isang aspekto ng awtoridad, gaya ng mga desisyon sa mga tauhan, mga pinansiyal

na usapin, o ang huling pasya, gagamit siya ng iba't ibang taktika, at talagang hindi lang niya iyon gagamitin nang paminsan-minsan, bagkus ay tuloy-tuloy na pagsisikapang magpasikat at magpatotoo sa sarili niya hanggang sa hangaan at ihalal siya ng mga tao, at pagkatapos ay kanya na ang awtoridad. Inabot siya ng isang panahon para maisakatuparan ang layong ito. Ang isa pang paraang ginagamit ng isang anticristo para ilihis at kontrolin ang mga tao ay ang palaging pagpapasikat at pagpapaalam sa lahat ng higit tungkol sa kanya, at pagpapaalam sa mas maraming tao ng tungkol sa mga ambag niya sa sambahayan ng Diyos. Halimbawa, puwede niyang sabihin, "Dati ay nakaisip ako ng ilang paraan para sa pangangaral ng ebanghelyo, at napataas nito ang pagiging epektibo ng pangangaral ng ebanghelyo. Ngayon, ginagamit na rin ng ilang ibang iglesia ang mga paraang ito." Sa realidad, marami-rami nang nabuod na karanasan sa pangangaral ng ebanghelyo ang iba't ibang iglesia, pero patuloy na ipinagyayabang ng anticristo ang tungkol sa mga tamang desisyon at nakamit niya, ipinapaalam sa mga tao ang tungkol sa mga iyon, binibigyang-diin ang mga iyon, at inuulit ang mga iyon saanman siya pumunta hanggang sa malaman ng lahat. Ano ang layon niya? Ang itaas ang sarili niyang imahe at prestihiyo, ang makakuha ng mas maraming papuri, suporta, at paghanga mula sa mas maraming tao, at upang lumapit ang mga tao sa kanila sa lahat ng bagay. Hindi ba't naisasakatuparan nito ang layon ng anticristo na ilihis at kontrolin ang mga tao? Karamihan ng mga anticristo ay kumikilos nang ganito, ginagampanan ang mga papel ng panlilihis, pambibitag, at pagkontrol sa mga tao. Sa anumang iglesia, grupo ng mga tao, o kapaligiran ng trabaho, sa tuwing lumilitaw ang isang anticristo, hindi namamalayan ng karamihan ng mga tao na nagsisimula na silang sumamba at humanga sa kanya. Sa tuwing nahaharap sila sa mga paghihirap kung saan naguguluhan sila at nangangailangan ng taong magbibigay ng gabay, lalo na sa mga kritikal na sitwasyon na kailangang magdesisyon, iisipin nila ang anticristo na may kaloob. Naniniwala sila sa puso nila, "Kung nandito lang siya, maaayos ito. Siya lang ang makakapagbigay ng payo at mga suhestiyon para matulungan kaming makalagpas sa paghihirap na ito; siya ang may pinakamaraming ideya at solusyon, may pinakamayamang karanasan, at pinakamatalas ang isipan." Hindi ba't ang katunayang kayang sambahin ng mga taong ito ang anticristo nang ganoon katindi ay direktang nauugnay sa karaniwang paraan ng pagpapasikat, pagganap, at pagpapakitang-gilas niya? Kung nagpamalas siya ng katinuan sa mga salita at kilos niya, kung siya ay taong tahimik na gumawa at nagtrabaho nang husto, kung matipid siyang magsalita at masipag magtrabaho, hindi kailanman nagtatawag ng atensiyon o nagpapasikat, lalong hindi nagyayabang, hindi niya magagawang ilihis ang mga tao at maging dahilan upang siya ay pahalagahan at hangaan nila. Kaya bakit madalang mahalal bilang mga lider at manggagawa ang ilang tao na medyo matapat at kayang magsagawa sa katotohanan at masipag magtrabaho? Ito ay dahil karamihan ng mga tao ay walang katotohanang realidad at hindi bihasa sa pagkilatis. May tendensiya ang mga tao na paboran ang mga nagtataglay ng mga kaloob, husay sa pagsasalita, at hilig sa pagpapasikat. Partikular silang

naiinggit at pumapabor sa ganoong mga tao, at gustong-gusto nilang makisalamuha sa mga ito. Dahil dito, ang mga anticristo ay likas na nagiging pinag-uukulan ng pagsamba at paghanga ng karamihan ng mga tao. Gayumpaman, ang mga anticristo ay may kalipunan ng mga pamamaraan para sa pagkontrol sa mga tao, at hindi sila nagdadalawang-isip na maglaan ng oras at lakas na pangasiwaan ang katayuan nila at imahe nila sa puso ng mga tao, ang pinakalayon ng lahat ng ito ay ang pagkakaroon ng kontrol sa mga tao. Ano ang ginagawa ng isang anticristo bago maisakatuparan ang layong ito? Ano ang saloobin niya sa katayuan? Hindi ito regular na pagkagiliw o inggit; isa itong pangmatagalang plano, isang sadyang layunin na makuha ito. Binibigyan niya ng partikular na halaga ang kapangyarihan at katayuan at ang tingin niya sa katayuan ay isang paunang kinakailangan sa pagsasakatuparan sa layong ilihis at kontrolin ang mga tao. Sa sandaling magkaroon siya ng katayuan, natural lang na matamasa niya ang lahat ng pakinabang nito. Samakatwid, ang kakayahan ng isang anticristo na ilihis at kontrolin ang mga tao ay isang resulta ng masipag na pamamahala. Talagang hindi ito dahil nagkataong tinahak niya ang landas; ang lahat ng ginagawa niya ay sinadya, pinagplanuhan, at maingat na kinalkula. Para sa mga anticristo, ang makakuha ng kapangyarihan at maisakatuparan ang layon nilang magkontrol ng mga tao ay ang premyo—ito ang kalalabasang pinakaninana nila. Ang paghahangad nila sa kapangyarihan at katayuan ay may motibo, sinadya, intensiyonal, at masipag na pinamahalaan; ibig sabihin, kapag nagsasalita o kumikilos sila, mayroon silang malinaw na kamalayan sa pakay at intensiyon, at sadyang tukoy ang layon nila. Halimbawa, ipinagyayabang nila ang pagiging isang partikular na antas ng lider o manggagawa, pagkakamit ng partikular na bilang ng tao sa pamamagitan ng pangangaral ng ebanghelyo, o paggawa ng iba't ibang huwarang paraan ng pangangaral ng ebanghelyo; ipinangangalandakan nila ang mga karanasan at kalipikasyon nila. Ano ang kaisipan nila habang nagyayabang sila? Ano ang batayang motibo nila? Hindi ba't pinag-iisipan nila kung anong mga salita ang dapat nilang gamitin at kung paano nila dapat haluan ng kasinungalingan ang katotohanan? Hindi pabasta-basta ang mga salita nila; ang lahat ng sinasabi nila ay may layunin, at talagang hindi lang ito isang usapin ng pagpuri sa sarili. Puwedeng lumitaw ang mga salita nila na partikular na maingat at may pinatutungkulan, nagpapakita ng matalas na pakiramdam sa kagandahang-asal. Halimbawa, kung makakatagpo sila ng mga indibidwal na nakakaunawa sa katotohanan, magiging alerto ang puso nila, hindi sila kaswal na magsasabi o gagawa ng mga bagay-bagay sa presensiya ng mga ito, natatakot na makikilatis sila. Magiging mas disiplinado sila. Gayumpaman, kung nakikitungo sila sa mga bagong mananampalataya o pangkaraniwang mananampalataya, maingat nilang pag-iisipan kung ano ang sasabihin sa mga indibidwal na ito. Kung nakikitungo sila sa mga lider at manggagawa, pag-iisipan nila kung ano ang sasabihin sa grupon ito. Kung nakikitungo sila sa mga taong nakakaunawa ng propesyonal na kaalaman, pag-iisipan nila kung ano ang sasabihin sa mga taong ito. Sila ay partikular na matalas sa mga panlabas na usapin, alam nila kung sino ang kakausapin gamit ang anong mga salita at paano ipaparating nang epektibo ang mensahe nila—sadyang

malinaw sa kanila ang lahat ng ito. Sa madaling salita, palaging may mga partikular na layunin ang mga anticristo kapag kumikilos sila. Ang mga salita, kilos, at asal nila, pati na ang partikular na pananalitang pinipili nila kapag nagsasalita, ay intensyonal; hindi sila kumikilos dala ng panandaliang pagbubunyag ng katiwalian, mababang tayog, kahangalan o kamangmangan, na walang katuturan ang pinagsasasabi saanman sila magpunta—hindi talaga ito ganito. Sa pagsusuri sa mga paraan nila, sa paraan ng paggawa nila ng mga bagay-bagay, at sa pagpili nila ng mga salita, lumilitaw na medyo tuso at buktot ang mga anticristo. Alang-alang sa sarili nilang katayuan at para maisakatuparan ang layon nilang kontrolin ang mga tao, sinusungguban nila ang bawat pagkakataon para magpasikat, sinasamantala ang bawat maliit na tsansa, at hindi nila palalampasin ang kahit isang pagkakataon. Sabihin ninyo sa Akin, ibubunyag ba ng ganoong mga tao ang mga katangiang ito sa harapan Ko? (Oo.) Bakit sinasabi ninyong gagawin nila ito? (Dahil ang kalikasang diwa nila ay ang magpasikat.) Pagpapasikat ba ang pinakalayon ng isang anticristo? Ano ang layon niya sa pagpapasikat? Gusto niyang makakuha ng katayuan, at ito ang ibig niyang sabihin: “Hindi mo ba alam kung sino ako? Tingnan mo ang mga bagay na nagawa ko, ako ang gumawa sa mabubuting bagay na ito; medyo marami akong iniambag sa sambahayan ng Diyos. Ngayong alam mo na, hindi ba’t dapat mo akong bigyan ng mas makabuluhang gawain? Hindi ba’t dapat ay maging mataas ang tingin mo sa akin? Hindi ba’t dapat kang sumandig sa akin sa lahat ng gagawin mo?” Hindi ba’t sinasadya ito? Gusto ng mga anticristong kontrolin ang kahit sino, sinuman sila. Ano ang isa pang termino para sa kontrolin? Manipulahin, paglaruan—gusto ka lang nilang pamunuan. Halimbawa, kapag pinupuri ng mga kapatid na mahusay ang pagkakagawa sa isang bagay, agad na sinasabi ng anticristo na sila ang gumawa nito, tinitiyak na pasasalamatan sila ng lahat. Kikilos ba nang ganito ang isang tunay na makatwirang tao? Talagang hindi. Kapag gumagawa ang mga anticristo ng kaunting kabutihan ay gusto nilang malaman ito ng lahat, maging mataas ang tingin sa kanila at purihin sila—nasisiyahan sila rito. Anuman ang gawin nila, nais nilang makuha ang mga papuri at pagsamba ng mga tao, at handa silang tiisin ang kahit ano para makuha ito. Alang-alang sa katayuan at kapangyarihan, hindi hahayaan ng mga anticristo na mapalagpas nila ang anumang pagkakataong magpasikat, kahit na tila kalokohan ang pagpapasikat nila, o magaspang at hinahamak ng iba ang mga paraan nila—hindi pa rin nila palalagpasin ang ganoong mga pagkakataon. Gayundin, ginagamit nila ang anumang paraang kinakailangan para maisakatuparan ang layon nilang kontrolin ang mga tao, at ginagawa nila ang lahat para maisakatuparan ito. Masusi silang nagsisikap at pinipiga nila ang utak nila para mabuo ang mga pakana nila. Kapag may ginagawa silang mabuti, patuloy nila itong ipinangangalandakan at itinatampok sa lahat ng dako. Kung may ibang nakagawa ng mabuti, kinaiinggitan nila ito at sinusubukan ang lahat ng makakaya nila para masabi na dahil ito sa kanila o sinasabi nilang nagkaroon sila ng bahagi rito para angkinin ang papuri para sa kanilang sarili. Sa madaling salita, may mga taktika ang mga anticristo sa pagkontrol sa mga tao. Hindi talaga ito isang

panandaliang panlilinlang, ni ilang paminsan-minsang kilos. Sa halip, marami silang ginagawa at sinasabi. Nakakalihis ang mga salita nila, nakakalihis ang mga kilos nila, at ang pinakalayon nila sa paggawa at pagsasabi sa mga bagay na ito ay ang kontrolin ang mga tao.

Ano ang layunin ng isang anticristo sa pagkontrol sa mga tao? Ito ay ang magkamit ng katayuan at awtoridad sa puso ng mga tao. Sa sandaling magkaroon siya ng awtoridad at katayuan, matatamasa na niya ang mga pakinabang ng katayuan at ang iba't ibang interes na idinudulot nito. Halimbawa, sa mga panahong mainit, habang ang iba ay nananatili sa mga kuwartong walang aircon, nananatili siya sa kuwartong may aircon. Sa oras ng pagkain, habang ang iba ay may tig-iisang bahagi ng mga gulay at kanin, nakakapagdagdag siya ng kaunting karne at sopas. Kapag pumapasok sa kuwartong walang mauupuan, kailangan ng ibang maupo sa sahig, nag-iiwan lang ng isang upuan na nakalaan para sa kanya. Ang espesyal na pagtratong ito ay ang resulta ng katayuan niya, at nasisiyahan siya sa pagpapakasasa sa mga pakinabang na kasama nito. Siyempre, hindi talaga sapat ang mga interes at kasiyahan ito para matupad ang mga ambisyon niya. Bukod sa kailangan niya ang mga materyal na pakinabang na ito na ibinibigay sa kanya ng katayuan niya, kailangan din niya ang banidad, kasiyahan, at pakiramdam ng kapanatagang idinudulot nito sa panloob niyang mundo. Ano ang mga pag-uugali ng mga taong nalihis, nahatak, at nakontrol ng mga anticristo? Pinaghahambing nila ang katayuan, kapangyarihan, mga kaloob, at mga kakayahan, pati na ang pamilya at uring pinagmulan ng isa't isa, at pinagkokompetensiyahan nila kung sino ang makakaisip ng mas maraming buktot na ideya at kung kaninong utak ang mas matalas. Pinagkokompetensiyahan din ng mga anticristo ng relihiyon kung sino ang pinakamatagal magdasal. Kung magdarasal ang isang tao nang sampung minuto, magdarasal ang isa pa nang dalawampu, at sa isang pagtitipon ay puwedeng wala na silang ibang gawin kundi walang humpay na magdasal, katulad ng mga taong bumibigkas ng mga kasulatan sa isang templong Budista, walang tigil na bumubulong. Pinapakinggan ba ng Diyos ang ganoong panalangin? Batay sa paraan ng pagdarasal nila, hindi gagawa sa kanila ang Banal na Espiritu. Tinitingnan nila kung sino ang kayang magdasal nang pinakamatagal, kung sino ang kayang magdasal sa pinakamalakas na boses na kayang madaig ang iba. Hindi ba't malaking kalokohan ito? Ang mga kilos nila ay hindi kapani-paniwala at wala sa katwiran. Ito ang mga pagpapamalas na pangunahing nakikita sa mga taong nalihis at nakontrol ng mga anticristo; kapag pinamumunuan ng mga anticristo ang mga tao, ito ang resultang ibinubunga nito. Samakatwid, kung nalihis at nakontrol ka ng isang anticristo, titingalain mo siya, susundin siya, at pakikikingan siya sa lahat ng bagay. Wala kang ibang pakikikingan, kahit ang Diyos pa ang nagsasalita. Ito ang mga pag-uugaling ipapakita mo. Kapag kinokontrol ng mga anticristo ang mga tao, para bang si Satanas ang naghahari sa kanila. Kung nasa ilalim ka ng kontrol ni Satanas, at kung may puwang sa puso mo para sa tao at puwang para kay Satanas, hindi gagawa sa iyo ang Banal na Espiritu—aabandonahin ka Niya. Hindi ba't gusto mong sumunod sa mga anticristo?

Hindi ba't gusto mong tumingala sa kanila? Hindi ba't gusto mong tanggapin ang kontrol at manipulasyon nila? Kung ganoon ay ibibigay ka sa kanila. Kung naniniwala ka na ang anumang sasabihin ng mga anticristo ay ang katotohanan, puwede kang makinig sa kanila at sumunod sa kanila, at pagkatapos ay ibibigay ka sa kanila. Gayumpaman, dapat mong panagutan ang mga kahihinatnan. Kung isang araw ay hindi ka magtamo ng kaligtasan, huwag mong sisihin ang Diyos o huwag kang magreklamo tungkol sa Kanya; wala itong kinalaman sa Diyos. Sarili mo itong desisyon, at dapat mong pagbayaran ang desisyon mo.

Halos natapos na natin ang ating pagbabahaginan tungkol sa mga pagpapamalas ng mga anticristo ng pagkontrol sa mga tao. Dapat maunawaan ng mga tao kung ano ang ibig sabihin ng makontrol. Sa panlabas, puwedeng lumitaw na ang ilang tao ay sumusunod sa Diyos, nakikinig sa mga sermon Niya, kumakain at umiinom ng mga salita Niya, nagsasabuhay ng buhay iglesia, at gumagawa ng mga tungkulin nila, at na hindi nila iniwan ang sambahayan ng Diyos. Kaya bakit nakokontrol sila ng mga anticristo? Ito ay pangunahing dahil wala sa kanila ang katotohanan. Una, nalihis ang mga taong ito ng mga anticristo, at pagkatapos ay partikular nilang sinamba ang mga ito, na humantong sa pagkakakontrol ng mga ito sa kanila. Ano ang ibig sabihin ng makontrol? Ibig sabihin nito ay naiimpluwensiyahan at naigagapos ng mga ito. Kahit na ginagawa mo ang mga tungkulin mo, habang hinahanap ang mga katotohanang prinsipyo sa pagganap ng tungkulin mo ay nalihis ka ng mga anticristo. Habang mas umaayon ang mga pahayag at pananaw nila sa sarili mong mga kuru-kuro at imahinasyon, lalo mong itinuturing na tama at naaayon ang mga iyon sa katotohanan, at hindi mo na hinahanap ang mga katotohanang prinsipyo, ayaw mo nang independiyenteng mag-isip, at hindi mo na ibinabatay ang pagsasagawa mo sa mga salita ng Diyos. Naniniwala kang hindi talaga mali ang mga pananaw ng mga anticristo, at buong puso mong kinukumpirma ang mga iyon. Sa sandaling ganito na ang kaso, kung tunay kang nagsasagawa ayon sa mga salita ng Diyos, mababalisa at mababagabag ka. Pakiramdam mo ay nabigo mo ang mga anticristo at na talagang hindi ka puwedeng kumilos sa ganitong paraan. Hindi ba't ganap kang naigagapos ng mga pahayag at pananaw ng mga anticristo? Kapag gumagawa ka ng mga bagay-bagay, hindi mo alam kung paano humusga, maghanap, o sumunod batay sa mga salita ng Diyos. Hindi mo alam kung paano gawin iyon, hindi ka rin nangangahas na gawin iyon. Bakit hindi mo alam kung paano at bakit hindi ka nangangahas? Hindi pa nagsasalita ang mga anticristo; hindi pa sila nagbibigay ng desisyon sa iyo o nakakapagpasya, at hindi pa nila sinasabi sa iyo ang kalalabasan o hindi ka pa nila itinuturo sa anumang direksiyon. Kaya hindi ka nangangahas na kumilos ayon sa pagkaarok mo, at natatakot kang mapunta sa maling landas, na gumawa ng pagkakamali. Hindi ba't nakokontrol ka? Bakit ba takot na takot ka palagi? Talaga bang hindi malinaw ang mga salita ng Diyos? Hindi ba nasabi sa iyo ng mga salita ng Diyos ang mga prinsipyo o nasabi sa iyo ang gagawin? Bakit binabalewala mo ang mga salita ng Diyos at pinagpipilitan mong makinig sa mga anticristo? Nalilihis at nakokontrol ka ng

mga anticristo. Halimbawa, sinabihan Ko ang isang tao na magtayo ng isang pader, partikular na sinasabi ang taas, haba, at lokasyon nito. Pagkatapos, dumating ang isang anticristo at sinabi: “Ayos na ang taas ng pader na ito, pero may problema rito. Kung itatayo mo ito nang ganito, guguhu ba ito kapag umihip ang hangin?” Pagkarinig dito, sinabi ng taong iyon, “Magandang punto iyan, guguhu kaya ito? Hindi naman sinabi ng Diyos, kaya hindi ko muna ito itatayo.” Nang kumustahin Ko siya kalaunan, tinanong Ko: “Bakit hindi mo pa itinatayo ang pader? Ilang araw na ang lumipas, pero hindi pa rin ito naitatayo—hindi ba’t inaantala mo ang mga bagay-bagay?” Sumagot siya na may taong nagpahayag ng pag-aalala tungkol sa pagguho ng pader sa pag-ihip ng hangin. Sinabihan Ko siyang gumamit ng posteng pansuporta kung nag-aalala siya sa hangin, at tinandaan niya ito. Kalaunan, bumalik ang anticristo para guluhin siya, sinasabi, “Sapat na ba ang isang poste? Hindi ba’t dapat ay dalawa ang gamitin mo?” Pinag-isipan ito ng tao, iniisip na sinabi lang ng Diyos na gumamit ng isang poste sa halip na dalawa, at hindi na naman niya alam ang gagawin. Pagkatapos labis na malihis at magulo ng anticristo, lahat ng salitang nauna Kong sinabi ay nawalan ng kabuluhan, at hindi na niya naipagpatuloy ang gawaing ito. Hindi ba’t katumbas ito ng pagkakakontrol ng anticristo? Kanino siya dapat makinig sa usaping ito? (Sa Diyos.) Kung ganoon ay bakit hindi siya nakinig sa mga salita ng Diyos? Ayaw ba niyang makinig? Gusto niya, pero nalihis siya ng isa sa mga maling paniniwala at maling kaisipan ng anticristo. Sa sandaling nalihis na siya, sinunod na niya ang anticristo, na katumbas ng pagkabihag nito sa kanya. Kung naigapos at natanikalahan ng anticristo ang mga pag-uugali at kaisipan niya, nasa ilalim siya ng kontrol ng anticristo. Sa huli, hindi natupad ng taong ito ang tungkulin niya, at hindi siya nagpasakop sa Diyos o nakinig sa mga salita Niya. Sino ang nagdulot ng kinalabasang ito? Idinulot ito ng kamangmangan niya at hindi ito maihihiwalay sa panlilihis, panggugulo, at pagkontrol ng anticristo. Kaya, anong ibig sabihin ng nakialam nang ganito ang anticristo? Gusto niyang ipakita ang katalinuhan niya, at ang talagang sinasabi niya ay, “Bakit pikit-mata kang nakinig sa diyos nang sabihin niya sa iyong itayo rito ang pader na ito? Bakit napakasimple ng paraan ng pag-iisip mo? Kung itatayo mo rito ang pader, hindi ba’t guguhu ito sa sandaling magsimulang umihip ang hangin? Ang pakikinig sa diyos ay hindi kasing tumpak ng pakikinig sa akin; kailangan mong makinig sa akin. Kung makikinig ka sa akin, masisiyahan ako, pero kung makikinig ka sa diyos, hindi ko iyon magugustuhan at hindi ako matutuwa. Hindi puwedeng makinig ka sa diyos—ano na ang mangyayari sa akin noon?” Hindi niya ito sinabi nang direkta; nakialam siya at sinadyang ginulo ang mga bagay-bagay. Pagkatapos ng pakikialam niya, hindi na matapos ang gawain, at nagmukha siyang matalino, na ikinasiya niya. Kapag tinatagubilinan ng Diyos ang isang taong magtayo ng pader, dapat ay agad itong itayo ng taong iyon, pero ngayon, ang resulta ay hindi naitayo ang pader. Sino ang nagdulot sa resultang ito? Idinulot ito ng anticristo—nalihis, nagulo, at nakontrol ng anticristo ang taong ito. Katulad ito kung paano inakit ng ahas sina Adan at Eba. Sinabi ng Diyos kina Adan at Eba, “Sa kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama ay

huwag kang kakain; sapagkat sa araw na ikaw ay kumain niyaon ay walang pagsalang mamamatay ka.” Ang mga salitang ito ba ng Diyos ang katotohanan? Ang mga ito ang katotohanan, at hindi mo kailangang maunawaan ang kabuluhan ng mga ito; kailangan mo lang makinig at magpasakop. Anuman ang sitwasyon, hindi magbabago ang salita ng Diyos, at kung may gustong ipagawa sa iyo ang Diyos, gawin mo ito. Huwag mo itong suriin. Kahit hindi mo ito nauunawaan, dapat mong malaman na ang salita ng Diyos ay tama; dapat mong maunawaan ang kahulugang ito sa puso mo. Sa madaling salita, dapat mong malaman ang katotohanang ito una sa lahat. Umaayon man ang mga salita ng Diyos sa mga sarili mong kuru-kuro o hindi, nauunawaan mo man ang mga ito o hindi, at kahit gaano ka pa maguluhan, dapat mong panghawakan ang mga salita Niya. Ito ang responsabilidad at tungkulin mo. Sa sandaling buo na ang pasya mo rito, ano ang dapat mong gawin kapag dumating si Satanas para tuksuhin ka? Dapat mong panghawakan ang mga salita ng Diyos at sumunod sa Kanyang daan—ito ang pinakapangunahing prinsipyo, huwag pansinin ang sinasabi ni Satanas. Ano ang panghuling resulta ng pakikinig nina Adan at Eba sa mga salita ng ahas? Nalihis at nakontrol sila ni Satanas. Sa isang kataga lang ng mga mapanlihis, malabo, at mala-diyablong salita, naimpluwensiyahan at nakontrol ni Satanas ang pag-uugali nina Adan at Eba. Isa itong resulta na ayaw makita ng Diyos. Ano ang layunin ng ahas sa pagsasabi ng mga salitang ito? Sa pamamagitan ng mga salitang ito, ninais nitong guluhin ang kaisipan ng mga tao, impluwensiyahan ang pag-uugali nila, at patigilin sila sa pakikinig at talikuran ang mga salita ng Diyos. Sa sandaling naitanim ang aktibong kaisipang ito sa isip ng mga tao, sinundan na nila ang tinutukoy na landas. Ano ang layunin ni Satanas? Ito ay ang sabihing, “Huwag mong pakinggan ang sinasabi ng diyos. Kailangan mong makinig sa akin; kailangan mong kainin ang prutas na ito.” Sinabi sa kanila ng Diyos na huwag itong kainin, habang sinabi naman sa kanila ni Satanas na kainin ito. Sa huli, kinain ba nina Adan at Eba ang prutas? (Kinain nila.) Ganito kinontrol ni Satanas ang mga tao. Kapag nakinig ka sa mga mala-diyablong salita ng isang anticristo, puwede kang malito at maligaw, at malamang na hindi ka sumunod sa mga salita ng Diyos. Hindi ba’t ibig nitong sabihin ay naimpluwensiyahan at nakontrol ng anticristong ito ang pag-uugali at mga kaisipan mo? Ito ang kahulugan ng kontrol. Nakatagpo na ba kayo ng ganoong mga sitwasyon? Nakikita ng ilang taong may masamang layunin na natatapos mo ang isang gawain nang walang aberya na magkakamit ka ng mga resulta, mapapansin ka, at napapagtanto nilang hindi sila masyadong magkakaroon ng partisipasyon sa usaping ito. Kung mapapansin ka, sila ay hindi, kaya nagsusulong sila ng mga tila makatwirang pananaw o tanong para ilihis, guluhin, at kontrolin ka. Bilang resulta, naguguluhan ka, iniisip mong makatwiran din ang mga salita nila. Hindi mo na alam kung ano ang gagawin at hindi mo na maipagpatuloy ang tungkulin mo, kaya itinitigil mo ito. Hindi ba’t kalokohan ito? Sa simula, noong hindi ka pa nalilihis, medyo malinaw ang isip mo at alam mo ang gagawin, pero sa sandaling guluhin ka ng anticristo, nalito ka na at hindi mo na alam kung paano angkop na pangasiwaan ang mga bagay-bagay. Ano ang isyu rito? (Ang

pagkakalihis.) Ang mga taong madaling malihis at makontrol ng mga anticristo o ni Satanas ay mga mangmang at naguguluhang tao. Tungkol sa mga pagpapamalas ng paraan ng panlilihis at pagkontrol ng mga anticristo sa mga tao, naging sapat na partikular ba ang pagbabahaginan natin? Dapat ay magawa mong makaunawa, at kapag may mga nangyayari sa iyo, dapat mong ihambing ang mga iyon sa iba't ibang katotohanan para pagnilayan sa mga salita mo, sa mga kilos mo, at sa diwa mo. Kasabay niyon, dapat mong subukang maunawaan at makilatis ang mga tao, pangyayari, at bagay-bagay sa paligid mo para magkaroon ka ng mas malinaw na pagkaunawa sa katotohanan at ng mas tumpak na pagkaunawa sa mga kalikasang diwa ng iba't ibang tao.

Sa panahon ngayon, marami sa inyo ang kamakailan lang nakatagpo ang mga partikular na kalagayan at pagpapamalas ng iba't ibang katotohanan. Bakit Ko sinasabing kamakailan lang ninyo nakatagpo ang mga iyon? Ito ay dahil kamakailan lang ninyo naunawaan ang ilang detalye, pero malayo pa rin ang lalakbayin bago ang tunay na pagpasok. Ang pang-unawa ay hindi katumbas ng pagpasok. Kapag nakakaunawa ka, ibig lang nitong sabihin na sa isip mo, tumpak sa isang antas ang pagkaunawa mo sa mga konsepto at kahulugan ng mga usaping ito at mas tugma sa katotohanan, pero malayo ka pa rin sa personal na pagpasok. Ang pang-unawa, pagkilala, at kakayahang iugnay ang mga bagay na ito sa kalagayan mo at sa mga tao, pangyayari, at bagay sa paligid mo ay hindi nangangahulugang may pagpasok ka. Dalawang magkahiwalay na bagay ang mga ito. Para maligtas ang isang tao at magkamit ng pagbabago sa disposisyon, nagsisimula ito sa pang-unawa sa lahat ng iba't ibang katotohanan, at ang pagpasok sa katotohanang realidad ay nagsisimula sa pagsasagawa sa mga katotohanang ito. Kung nagkaroon kayo ng partikular na batayan sa pagkaunawa at pagpasok ninyo sa iba't ibang katotohanan, nang hiningan Ko kayo ng mga halimbawa, maiisip agad ninyo ang mga sarili ninyong pagpapamalas o ang ilang bagay na nakita at naranasan ninyo. Lubos nitong mapapadali ang pagbabahagi Ko, at hindi Ko na kakailanganing magsalita nang masyadong detalyado dahil nagkaroon na kayo ng mga karanasan at kaya na ninyong abutin ang antas na iyon. Gayumpaman, kapag tinanong Ko kayo ngayon, kailangan ninyong mag-isip sa mismong sandaling ito, at kailangan din ninyong maghalughog at maghanap sa memorya ninyo. Kapag nakita Kong hindi ninyo alam ang mga bagay na ito at hindi ninyo mismo naranasan ang mga ito, kailangan Kong ipaliwanag nang detalyado ang mga ito, linawin ang mga pangunahin at pundamental na aspekto at mahalagang isyu ng mga usaping ito, at bigyan kayo ng panimulang pagkaunawa sa mga detalye ng iba't ibang katotohanan para hindi kayo malito sa mga konseptuwal na aspekto o depinisyonal na aspekto kapag nagsagawa kayo, at para hindi ninyo palitan ang isang konsepto para sa isa pa o isipin na masyadong masalimuot ang mga bagay na ito—malinaw ninyong matutukoy ang pagkakaiba ng iba't ibang aspekto. Sa ganitong paraan, sa susunod na magbahagi Ako tungkol sa mga bagay na ito, magiging madali na ito. Sa kasalukuyan, kinukulang pa rin

kayo, kaya kailangan Ko palaging ipaliwanag ang mga ito nang detalyado. Gaano kalaking bahagi ng nilalaman ng mga pagbabahaginan sa mga pagtitipon natin ang kaya ninyong pagbulayan at asimilahin? Kung sampung porsiyento lang, halos wala kayong tayog na maipagmamalaki, at kung tatlumpung porsiyento, ilan lang ang naunawaan ninyo. Kung aabot kayo sa limampung porsiyento, may partikular na tayog at pagpasok kayo, pero kung hindi ninyo kayang abutin iyon, wala kayong anumang pagpasok. Nauunawaan ninyo, hindi ba? Kung hindi pa rin ninyo nauunawaan kapag nagbabahagi Ako nang ganito, ibig nitong sabihin ay masyadong mahina ang kakayahan ninyo at imposible ninyong maunawaan ang katotohanan. Sige, diyan nagtatapos ang pagbabahaginan natin sa araw na ito. Hanggang sa muli!

Abril 17, 2019

Ikaanim na Aytem: Kumikilos Sila sa mga Tusong Paraan, Arbitrario at Diktatoryal Sila, Hindi Sila Kailanman Nakikipagbahaginan sa Iba, at Pinipilit Nila ang Iba na Sundin Sila

Karagdagang Babasahin

Ang Kuwento nina Daming at Xiaoming

Bago tayo pumunta sa pangunahing paksa ng ating pagbabahaginan, magsimula tayo sa isang kuwento. Ano ang pakinabang ng pagkukuwento? (Madaling tandaan ang mga ito.) Hanggang ngayon, ilan na bang kuwentong madaling tandaan ang naibahagi Ko? (Ang kuwento nina Dabao at Xiaobao.) “Ang Kuwento nina Dabao at Xiaobao” ang ikinuwento Ko noong huli. (Mayroon ding “Panghuhuli sa mga Daga” at ang kuwento ng mga babaeng lider.) Marami-rami na ang mga naibahaging kuwento. Bakit Ako nagkukuwento? Sa totoo lang, ang layunin ay para lumipat sa isang pormang mas panatag at madaling maunawaan para magbahagi tungkol sa ilang katotohanang dapat maunawaan ng mga tao. Kung nauunawaan ninyo ang mga katotohanan mula sa mga kuwentong ibinabahagi Ko, at ang mga katotohanang ito ay nakakatulong sa iba’t ibang aspekto ng inyong pagpasok sa pang-araw-araw na buhay, hindi sayang ang pagbabahagi ng mga kuwento. Ipinapakita nito na tunay ninyong nauunawaan ang mga katotohanang nakapaloob sa mga kuwento, na nauunawaan ninyo ang praktikal na panig ng mga katotohanang ito, sa halip na pinakikinggan lang ninyo ang mga ito bilang mga kuwento lang. Noong huli, ibinahagi Ko ang kuwento nina Dabao at Xiaobao. Ngayon, ibabahagi Ko naman ang kuwento nina Daming at Xiaoming. Habang nakikinig kayo, pag-isipan ninyo kung ano ang talagang sinusubukang ipaunawa sa inyo ng kuwentong ito at kung aling aspekto ng katotohanan ang nakapaloob dito.

Sina Daming at Xiaoming ay mag-ama. Ilang panahon na ang nakalilipas, tinanggap ni Daming at ng anak niyang si Xiaoming ang bagong gawain ng Diyos. Mabuting bagay ba ito? (Oo.) Ito ay isang mabuting bagay. Si Xiaoming ay bata pa at kaunti lang ang kayang basahin, kaya araw-araw siyang binabasaan ni Daming ng mga salita ng Diyos at matiyaga nitong ipinapaliwanag ang mga salitang hindi nauunawaan ni Xiaoming. Paglipas ng panahon, nauunawaan na ni Xiaoming ang marami-raming doktrina tungkol sa kung paano dapat umasal, gayundin ang ilang bokabularyo na hindi niya kailanman nakita bago manampalataya sa Diyos, gaya ng pagpapasakop, pananalig, pagkamatapat, panlilinlang, at iba pa. Nang makita ni Daming ang progreso ng kanyang anak, tuwang-tuwa siya. Gayumpaman, kamakailan ay napansin ni Daming na gaano man karami ang binabasa niyang mga salita ng Diyos para kay Xiaoming, walang gaanong pagbuti sa ugali at pananalita nito. Naging balisa si Daming at nagkaroon siya ng pasanin, iniisip niya: “Paano ko ipapaunawa sa anak ko ang ilang katotohanan sa pamamagitan ng

pagbabasa ng mga salita ng Diyos, paano ko magagawa ang anak ko na magpakita ng kaunting pagbabago para sang-ayunan siya ng ibang tao, makuha niya ang pag-apruba nila, at purihin nila siya bilang mabuting bata? At pagkatapos, dahil sa paggampan ni Xiaoming, mapupuri nila na mabuti ang pananampalataya sa Diyos, at maipapangaral sa iba ang ebanghelyo sa pamamagitan ng mga pagbabago sa anak ko—napakagaling niyon!” Dahil sa pagkakaroon ng ganitong pasanin, patuloy na nagbulay-bulay si Daming: “Paano ko matuturuan nang tama si Xiaoming para lalo niyang maunawaan ang tungkol sa sariling asal, para mas mahusay siyang gumanap at umayon sa mga layunin ng Diyos? Sa huli, kapag naging mabuting bata na si Xiaoming at pinuri na siya ng lahat ng tao, ang lahat ng kaluwalhatiang ito ay mapupunta sa Diyos—magiging kahanga-hanga iyon! Sa puntong iyon, mawawala na ang mabigat na dinadala ng puso ko.” Makatwiran ba ang pasaning nadarama ni Daming? Maituturing ba itong pagganap ng tamang gampanin para sa kanya? (Oo.) Mula sa perspektibang ito, tama ang panimulang punto niya—maituturing itong pagiging makatwiran at tamang gampanin. Tama ba o mali ang landas na pinili ni Daming para kay Xiaoming? Mabuti ba ito o masama? Tingnan natin sa pagpapatuloy natin. Palaging nagdarasal at nagsusumamo si Daming sa Diyos tungkol dito, at sa wakas, isang araw, nagkaroon siya ng “inspirasyon.” Anong “inspirasyon”? Ang sinasabing “inspirasyon” na nakapaloob sa mga panipi. Dahil nakapaloob sa mga panipi ang “inspirasyon” na ito, anong uri ng landas kaya ang tinutukoy ni Daming? Naiisip ba ninyo kung ano ang susunod na mangyayari sa kuwento? Hindi ito gaanong malinaw, hindi ba? Ito ay medyo hindi nalalaman.

Isang araw, pagkatapos basahan ng mga salita ng Diyos ang kanyang anak, napakaseryosong tinanong ni Daming si Xiaoming kung mabuti ba ang pananampalataya sa Diyos. Taimtim na tumugon si Xiaoming, “Mabuti ang pananampalataya sa Diyos. Ang mga taong nananampalataya sa Diyos ay hindi nang-aapi ng iba, hindi sila nakakatagpo ng sakuna, nakakapunta sila sa langit, at hindi sila ipapadala sa impierno pagkatapos nilang mamatay.” Tama ba si Xiaoming? Dahil sa mura niyang edad, ang magawang masabi ito ni Xiaoming ay talagang mabuti na. Napakasimple ng kanyang pagkaunawa sa pananampalataya sa Diyos, panimula pa lang at lubhang mababaw pa ito pero para sa kanya, malalim na ito. Nang marinig ito, natuwa at nakonsuwelo si Daming, at sinabi niya, “Magaling, bumuti ka na, Xiaoming. Mukhang may kaunting pundasyon ang pananampalataya mo sa Diyos. Talagang natutuwa at nakokonsuwelo si Tatay. Pero ganyan ba talaga kasimple ang pananampalataya sa Diyos?” Nagbulay-bulay sandali si Xiaoming at nagsabi, “Hindi ba’t iyan na ang lahat ng sinasabi ng mga salita ng Diyos? Ano pa ba ang kulang?” Mabilis na tumugon si Daming: “Hindi lang ang mga ito ang hinihingi ng Diyos. Napakatagal mo nang nananampalataya sa Diyos, pero kapag bumibisita ang mga kapatid, hindi mo man lang sila binabati. Mula ngayon, kapag nakakasalamuha mo ang matatanda, tawagin mo silang lolo at lola; kapag nakakasalamuha mo naman ang mga taong nasa hustong gulang na pero bata-bata pa, tawagin mo silang tito, tita, o kuya at ate. Sa ganitong paraan, magiging isang bata ka na mahal ng lahat

ng tao—at ang mahal lang ng Diyos ay ang mga batang mahal ng lahat ng tao. Mula ngayon, makinig ka sa akin at gawin mo ang sinasabi ko; kapag sinabi ko sa iyo na tawagin mo ang isang tao na ganito o ganyan, iyon ang itawag mo sa kanya.” Isinapuso ni Xiaoming ang mga salita ng kanyang ama, nararamdaman niyang tama ang sinasabi ng kanyang ama. Sa kanyang batang puso, naniniwala siyang mas matanda ang kanyang ama, mas marami itong nabasang salita ng Diyos, at mas marami itong alam kaysa sa kanya. Dagdag pa rito, iniisip lang ng kanyang ama ang pinakamabuti para sa kanya at tiyak na hindi siya nito ililigaw, kaya tiyak na tama ang anumang sinasabi ng kanyang ama. Hindi nauunawaan ni Xiaoming kung ano ang katotohanan at kung ano ang doktrina, pero kahit papaano ay alam niya kung ano ang mabuti at masama, ang tama at mali. Pagkatapos magsalita ng kanyang ama, nagkaroon din ng kaunting pasanin si Xiaoming tungkol sa bagay na ito. Magmula noon, tuwing lumalabas si Xiaoming kasama ang kanyang ama at may nakasalubong silang isang tao, kapag sinabi ng kanyang ama na tawagin niya itong “tita,” sinasabi niyang “Kumusta po, tita”; kapag sinabihan siyang tawagin itong “tito,” sinasabi niya “Kumusta po, titong.” Pinupuri ng lahat ng tao si Xiaoming bilang isang mabuting bata na magalang, at lagi rin nilang pinupuri si Daming sa tama niyang pagpapalaki. Natutuwa si Xiaoming, iniisip niya, “Mabuti ang pagtuturo ni Tatay; gusto ako ng sinumang makasalamuha ko.” Natutuwa si Xiaoming sa loob niya at ipinagmamalaki niya talaga ang kanyang sarili, iniisip na ang paggabay sa kanya ng kanyang ama ay talagang mabuti at tama.

Isang araw, pagdating na pagdating ni Xiaoming sa bahay mula sa eskuwela, tumakbo siya sa kanyang ama, at sinabi, “Tatay, hulaan mo kung ano ang nangyari? Ang kapitbahay nating si Tandang Zhang ay nakahuli ng napakalaking—” Bago pa siya matapos, sumabat si Daming: “‘Tandang Zhang’? Paano mo nasasabi iyan, Xiaoming? Mananampalataya ka pa rin ba o hindi na? Paano mo siya natatawag na ‘Tandang Zhang’? Nakalimutan mo na ang sinabi ko sa iyo, wala ka talagang pananalig sa Diyos, hindi ka tunay na mananampalataya. Tingnan mo, naaalala ko ito; puwede kitang tulungan at paalalahanan. Dapat mo siyang tawaging Lolo Zhang, naiintindihan mo?” Pinag-isipan ito ni Xiaoming: “Puwede ko rin siyang tawaging Lolo Zhang.” Nagpatuloy siya, “Ang kapitbahay nating si Lolo Zhang ay nakahuli ng isda na ganito kalaki! Tuwang-tuwa ang matandang babaeng Zhang!” “Nakalimutan mo ba uli?” sabi ni Daming. “Hindi mo pa rin ito naiintindihan, iho. Kakasabi ko lang, dapat mo siyang tawaging Lolo Zhang; ibig sabihin, ang asawa niya, na galing sa parehong henerasyon, ay dapat tawaging ano? Dapat Lola Zhang. Tandaan mo ito; huwag mo kailanman sabihing muli ang Tandang Zhang o matandang babaeng Zhang, o pagtatawanan tayo ng mga tao. Hindi ba’t nakakahiya iyon para sa atin bilang mga mananampalataya? Sasabihin nila na hindi tayo magalang at wasto, parang hindi mga mananampalataya. Hindi ito nagbibigay ng kaluwalhatian sa Diyos.” Noong umpisa ay sabik pang magsabi si Xiaoming sa kanyang ama tungkol sa malaking isdang nahuli ng matandang si Zhang, pero pagkatapos siyang itama ng kanyang ama, nawalan na siya ng interes at ayaw na niyang pag-usapan ang

tungkol dito. Tumalikod siya, dala-dala ang backpack niya, at bumubulong-bulong habang naglalakad: “Akala mo na alam mo ang lahat ng bagay, puro na lang Lolo Zhang, Lola Zhang. Ano naman ang kinalaman natin dito? Para namang ikaw lang ang nag-iisang espirituwal!” Sumagot si Daming: “Buweno, espirituwal nga ako, sa katunayan! Sa karamihan ng mga tao, gaano man sila katanda, tingnan ko lang ang kanilang edad ay masasabi ko na ang senyoridad nila, at alam ko na kung paano sila dapat tawagin. Tinatawag kong tito at tita ang mga nakakatandang tao—bakit hindi mo masabi nang tama kahit iyong tawag man lang? Bilang mga mananampalataya, hindi natin ito puwedeng kalimutan; hindi tayo puwedeng magkamali sa mga terminong panghenerasyon.” Pagkatapos ng pagsaway na ito, hindi mabuti ang pakiramdam ni Xiaoming sa loob, pero sa kaloob-looban niya, iniisip pa rin niyang tama ang kanyang ama; tama ang anumang ginagawa ng kanyang ama, at kahit na hindi niya gusto, inaamin niyang mali siya. Mula noon, tuwing nakikita niya ang matandang lalaking Zhang o matandang babaeng Zhang, tinatawag niya silang Lolo Zhang at Lola Zhang. Lahat ng itinuro at itinanim sa kanya ng kanyang ama, isinapuso ni Xiaoming. Mabuting bagay ba ito o masamang bagay? Sa ngayon, mukha itong mabuting bagay, hindi ba?

Isang araw, naglakad-lakad si Xiaoming at ang kanyang ama at nakita nila ang isang matandang inahing baboy na nangunguna sa isang grupo ng mga biik. Talagang malapit ang ugnayan sa pagitan ng inahing baboy at ng kanyang mga biik. Naisip ni Xiaoming na mabuti ang lahat ng bagay na nilikha ng Diyos; ito man ay isang baboy o aso, lahat ng ito ay may likas na ugali ng mga ina at dapat igalang. Sa pagkakatang ito, hindi walang galang na nagsalita si Xiaoming at hindi ito padalos-dalos na tinawag ni Xiaoming na “matandang inahing baboy.” Sa takot niyang magkamali siya at magalit ang kanyang ama, tahimik niyang tinanong, “Tatay, ilang taon na ang inahing baboy na ito? Nanganak siya ng napakaraming biik, ano ang dapat kong itawag sa kanya?” Nag-isip si Daming nang sandali: “Ano ang dapat nating itawag sa kanya? Mahirap iyong sabihin.” Nang makita niyang napaisip ang kanyang ama at walang maisagot, nagreklamo si Xiaoming: “Hindi ba’t nagbasa ka na ng napakaraming salita ng Diyos? Mas matanda ka rin sa akin; paanong ni hindi mo ito alam?” Dahil napukaw siya ni Xiaoming, medyo nabalisa si Daming at sinabi: “Paano kung tawagin natin siyang ‘lola’?” Bago tawagin ni Xiaoming ang baboy, nagdalawang-isip si Daming at sinabing: “Hindi natin ito puwedeng tawaging lola; ilalagay niyon ito sa parehong henerasyon ng iyong lola sa ina, hindi ba? Mas masahol naman ang pagtawag sa kanya na Lola Baboy, ilalagay niyon ito sa parehong henerasyon ng aking ina. Dahil napakarami nitong ipinanganak na biik, hindi natin puwedeng pabayaan ang pagkakakilanlan o katayuan nito, at hindi tayo puwedeng magkamali sa henerasyon nito. Dapat natin itong tawaging ‘Tita Baboy.’” Pagkarinig dito, magalang na yumuko si Xiaoming sa baboy at tumawag, “Isang pagbati, Tita Baboy.” Nagulat ang inahing baboy at, sa pagkagulat nito, tumakbo palayo ang baboy at ang lahat ng biik. Pagkakita nito, nagtaka si Xiaoming kung mali ba ang itinawag niya rito. Sabi ni Daming, “Tiyak na masaya at natutuwa ang baboy kaya ganito ang reaksiyon

nito. Sa hinaharap, kapag naharap tayo sa ganitong sitwasyon, anuman ang sabihin o gawin ng iba, dapat tayong magpatuloy na umasal nang ganito. Maging magalang ka at sundin mo ang mga pamantayan ng lipunan; kahit ang mga baboy ay malulugod kapag nakita iyan.” Mula sa usaping ito, may natutunang bago si Xiaoming. Ano ang natutunan niya? Sinabi niya, “Nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay; hangga’t ang lahat ng nilikha ay nirerespeto ang isa’t isa, magalang, nakakaunawa ng senyoridad, at gumagalang sa matatanda at nagmamahal sa mga bata, mapayapang makakapamuhay nang sama-sama ang lahat ng nilikha.” Nauunawaan na ni Xiaoming ang doktrinang ito ngayon. Pagkarinig niya rito, si Xiaoming ay pinuri ng ama niya bilang isang maliit na batang sadyang madaling turuan. Mula noon, naging mas sibilisado at magalang pa si Xiaoming. Saanman siya pumunta, may mabuti siyang asal at namumukod-tangi siya. Hindi ba’t “mabuting bata” siya? Siya ay isang “mabuting bata” na nakapaloob sa mga panipi. At diyan nagtatapos ang kuwento.

Ano ang tingin ninyo sa kuwentong ito? Hindi ba’t labis itong nakakaaliw? Paano nabuo ang kuwentong ito? Galing ito sa pananalita, mga pagkilos, pag-uugali, pag-iisip, at pananaw ng mga tao sa tunay na buhay—pinaikli ang mga ito sa maliit na kuwentong ito. Ano ang isyung tinatalakay ng kuwentong ito? Anong mga problema ang nakikita ninyo kay Daming sa kuwento? Paano naman si Xiaoming? Ano ang diwa ng mga problema ni Daming? Una sa lahat, pag-isipan ninyo: May anumang parte ba sa ibinuod at isinagawa ni Daming na naaayon sa katotohanan? (Wala.) Kung gayon, ano ang isinasagawa niya? (Mga kuru-kuro at imahinasyon.) Saan nanggaling ang mga kuru-kuro at imahinasyong ito? (Sa tradisyonal na kultura.) Ang ugat ay tradisyonal na kultura; ang mga kuru-kuro at imahinasyon niya ay mga produkto ng pagpapasama, pagkokondisyon, at pagtuturo ng tradisyonal na kultura. Kinuha niya kung ano ang pinaniniwalaan niyang pinakamagaling, pinakapositibo, at pinakatipikal na mga elemento ng tradisyonal na kultura, binago ang presentasyon sa mga ito, at ginawa ang mga ito na katotohanang pinaniniwalaan niya para isagawa ng kanyang anak. Maituturing ba ang kuwentong ito na napakalinaw at madaling maunawaan? (Oo.) Ibahagi ninyo ang naunawaan ninyo at ang naarok ninyo sa pakikinig sa kuwentong ito. (Pagkatapos makinig, naramdaman ko na ang problema ni Daming ay na kahit na nananampalataya siya sa Diyos, hindi siya kailanman nagsikap sa mga salita ng Diyos. Nanampalataya siya sa Diyos batay sa mga tradisyonal na kuru-kuro ng mga tao, iniisip na kung kakapitan niya ang mga panlabas na pamantayang iyon, malulugod ang Diyos. Hindi niya hinanap o pinagnilayan mula sa mga salita ng Diyos kung ano ba talaga ang hinihingi ng Diyos sa mga tao at kung paano ba dapat isabuhay ang normal na pagkatao.) Sa anong batayan namumuhay si Daming? (Sa mga kuru-kuro at imahinasyon.) Isang hungkag na parirala ang pamumuhay nang ayon sa mga kuru-kuro at imahinasyon; sa katunayan, namumuhay siya ayon sa tradisyonal na kultura, at itinuring niyang katotohanan ang tradisyonal na kultura. Namumuhay siya ayon sa tradisyonal na kultura—anong mga detalye ang nakapaloob dito? Bakit niya gustong tawagin ni Xiaoming ang mga tao gamit ang mga partikular na katawagan? (Sa

panlabas, sinabi niyang ito ay para magbigay ng kaluwalhatian sa Diyos sa pamamagitan ng mabubuting gawang ito, pero ang totoo, gusto niyang matugunan ang sarili niyang banidad, mapuri siya sa pagkakaroon ng abilidad na turuan nang mabuti ang kanyang anak.) Oo, iyan ang layunin niya. Ang pagtuturo niya ay hindi para ipaunawa sa anak niya ang mga salita ng Diyos at ang katotohanan; ito ay para ipagawa sa anak niya ang mga bagay na magdadagdag ng luwalhati sa kanya, para tugunan ang personal niyang banidad. Ito rin ay isang problema. May problema ba sa palaging pagtuon sa pagpapalamuti at pagpresenta ng sarili sa pamamagitan ng pag-uugali? (Mayroon.) Nagpapahiwatig ito ng problema sa landas kung saan siya naroon, at ito ang pinakaseryosong problema. Ano ang layon ng palaging pagtuon sa pagpresenta ng ugali ng isang tao? Ito ay ang makamit ang paghanga ng mga tao, ang magawa ang mga tao na bolahin at purihin siya. Ano ang kalikasan nito? Lyon ay pagpapaimbabaw—iyon ay ang pamamaraan ng mga Pariseo. Ang mga nakatuon sa panlabas na mabubuting pag-uugali, ang mga nakatuon sa pagpepresenta ng ugali nila, ang mga nagsusumikap nang maigi sa kanilang pag-uugali—nauunawaan ba nila ang katotohanan? (Hindi.) Nagbabasa sila ng napakaraming salita ng Diyos at nagsusumikap sila, kaya bakit hindi nila nauunawaan ang katotohanan? Hindi nila nauunawaan na ang pamamahala ng Diyos at ang pagliligtas Niya sa sangkatauhan ay naglalayong ipaunawa ang katotohanan sa mga tao, gawing perpekto ang mga tao, at mapasailalim sila sa pagbabago sa disposisyon—hindi nila ito nauunawaan. Iniisip nila, “Paano ko man basahin ang mga salita ng Diyos, ibubuod ko ang ilang pananalita, pagkilos, at pag-uugali na mas madaling sang-ayunan ng mga tao, na pinahahalagahan nila, at na bibigyan nila ng kanilang pag-apruba, at pagkatapos ay isasabuhay ko ang mga bagay na ito at panghahawakan ko ang mga ito sa tunay na buhay. Ito ang gagawin ng tunay na mananampalataya.”

Mayroon ba kayong mga isyu na kapareho ng kay Daming? Maliban sa napakalililaw na aspektong kakatalakay pa lang natin, gaya ng pagsunod sa mga pamantayan ng lipunan, pagbibigay ng atensiyon sa senyoridad, pagpipitagan sa matatanda at pangangalaga sa mga bata, at pagpapanatili ng tamang pagkakasunod-sunod sa mga matanda at bata, mayroon pa bang natutulad na mga pag-uugali, kaisipan, pananaw, o pagkaunawa? Alam ba ninyong suriin at himayin ang mga isyung ito? Halimbawa, sa iglesia, kapag ang isang tao ay mas matanda o maraming taon nang nananampalataya sa Diyos, palagi mo silang ayaw mapahiya. Hinahayaan mo silang matapos magsalita, hindi ka sumasabat sa kanila kahit na walang saysay ang sinasabi nila, at kahit may ginagawa silang mali at kailangan silang pungusan, sinusubukan mo pa ring hindi sila ipahiya at umiiwas kang punahin sila sa harap ng iba, iniisip na gaano man kawalang-katwiran o katerible ang mga kilos nila, kailangan pa rin silang patawarin at kunsintihin ng lahat ng tao. Palagi mo ring itinuturo sa iba: “Hindi natin dapat ipahiya ang matatanda at hindi natin dapat masira ang kanilang dignidad. Nakababata tayo sa kanila.” Saan galing ang terminong “nakababata”? (Sa tradisyonal na kultura.) Galing ito sa kaisipan ng tradisyonal na kultura. Dagdag pa rito, isang partikular na atmospera ang nabuo sa

iglesia na kapag ang mga tao ay may mga nakakasalamuhang nakatatandang kapatid, malugod nilang tinatawag ang mga ito na “Kuya,” “Ate,” “Tita,” o “Tatay,” na tila ba ang lahat ay parte ng isang malaking pamilya; ang mga nakatatandang taong ito ay binibigyan ng karagdagang respeto, na hindi napapansing nag-iiwan ng mabuting impresyon sa isipan ng ibang tao tungkol sa mga nakababata. Ang mga elementong ito ng tradisyonal na kultura ay malalim nang nag-ugat sa mga kaisipan at buto ng mga Tsino, hanggang sa puntong patuloy na ikinakalat at hinuhubog ng mga ito ang atmospera sa buhay iglesia. Dahil ang mga tao ay palaging nililimitahan at kinokontrol ng mga konseptong ito, hindi lang nila personal na sinusuportahan ang mga ito, nagtatrabaho nang maigi para kumilos at magsagawa sa direksyong ito, sinasang-ayunan pa nila na gawin ito ng iba, tinuturuan ang mga ito na sumunod. Ang tradisyonal na kultura ay hindi ang katotohanan; ito ay tiyak. Pero sapat na ba na malaman lang ng mga tao na hindi ito ang katotohanan? Ang hindi nito pagiging ang katotohanan ay isang aspekto; bakit natin ito dapat himayin? Ano ang ugat nito? Saan naroroon ang diwa ng problema? Paano mabibitiwan ng isang tao ang mga bagay na ito? Ang paghimay sa tradisyonal na kultura ay para bigyan ka ng bagong-bagong pagkaunawa sa mga teorya, kaisipan, at pananaw ng aspektong ito sa kaibuturan ng puso mo. Paano makakamit ang bagong-bagong pagkaunawang ito? Una, dapat mong malaman na nagmula kay Satanas ang tradisyonal na kultura. At paano ikinikintal ni Satanas sa mga tao ang mga elementong ito ng tradisyonal na kultura? Sa bawat kapanahunan, gumagamit si Satanas ng ilang kilalang personalidad at dakilang tao para ipakalat ang mga kaisipang ito, ang mga tinatawag na kasabihan at teoryang ito. Pagkatapos, dahan-dahang ginagawang sistematiko at kongkreto ang mga ideyang ito, palapit nang palapit sa buhay ng mga tao, at kalaunan ay nagiging laganap na ang mga ito sa mga tao; unti-unti, ang mga satanikong kaisipan, kasabihan, at teoryang ito ay naikikintal sa isipan ng mga tao. Pagkatapos silang maindoktrinahan, itinuturing ng mga tao ang mga kaisipan at teoryang ito na galing kay Satanas bilang ang mga pinakapositibong bagay na dapat nilang isagawa at kapitan. Pagkatapos, ginagamit ni Satanas ang mga bagay na ito para ikulong at kontrolin ang isipan ng mga tao. Hene-henerasyon na ang naturuan, nakondisyon, at nakontrol sa ilalim ng ganitong mga pangyayari, hanggang sa kasalukuyan. Lahat ng henerasyong ito ay naniwalang tama at mabuti ang tradisyonal na kultura. Walang naghihimay sa mga pinanggalingan o pinagmulan ng mga tinatawag na mabuti at tamang bagay na ito—ito ang dahilan kaya malubha ang problema. Kahit ang ilang mananampalatayang maraming taon nang nagbabasa ng mga salita ng Diyos ay naniniwala pa rin na tama at positibo ang mga bagay na ito, hanggang sa puntong naniniwala sila na mapapalitan ng mga ito ang katotohanan, na mapapalitan ng mga ito ang mga salita ng Diyos. Higit pa rito, may ilang nag-iisip na, “Gaano karami man sa mga salita ng Diyos ang binabasa natin, sa pamumuhay kasama ng mga tao, ang mga tinatawag na tradisyonal na ideya at tradisyonal na elemento ng kultura—gaya ng Tatlong Pagsunod at Apat na Birtud, gayundin ang mga konsepto gaya ng kabutihang-loob, pagiging matuwid, kagandahang-asal, karunungan,

at pagiging mapagkakatiwalaan—ay hindi puwedeng tanggalin. Ito ay dahil ang mga ito ay ipinamana sa atin ng mga ninuno natin, na marurunong. Hindi natin puwedeng kalabanin ang mga itinuro ng mga ninuno natin dahil lang nananampalataya tayo sa Diyos, at hindi natin puwedeng baguhin o talikuran ang mga itinuro ng mga ninuno natin at ng mga sinaunang marurunong.” Ang ganitong mga kaisipan at kamalayan ay umiiral sa puso ng lahat ng tao. Hindi nila namamalayan na nakokontrol at nagagapos pa rin sila ng mga elementong ito ng tradisyonal na kultura. Halimbawa, kapag nakita ng isang bata na nasa bente anyos ka na at tinawag ka niyang “tito,” nalulugod at nasisiyahan ka. Kung direkta ka niyang tinatawag sa pangalan mo, hindi komportable ang pakiramdam mo, iniisip mo na hindi magalang ang batang ito at dapat sawayin, at nagbabago ang saloobin mo. Ang totoo, tawagin ka man niyang tito o sa pangalan mo, wala itong anumang epekto sa iyong integridad. Kaya bakit ka hindi masaya kapag hindi ka niya tinatawag na tito? Ito ay dahil pinamumunuan at iniimpluwensiyahan ka ng tradisyonal na kultura; ito ay nauna nang nag-ugat sa isipan mo at naging pangunahing pamantayan mo na sa pagtrato sa mga tao, pangyayari, at bagay, at sa pagsuri at paghusga sa lahat ng bagay. Kapag mali ang iyong pamantayan, puwede bang maging tama ang kalikasan ng iyong mga kilos? Tiyak na hindi puwede. Kung gagamiting sukatan ang katotohanan, paano mo haharapin ang bagay na ito? May pakialam ka ba sa itatawag ng iba sa iyo? (Wala.) Iyan ay, maliban na lang kung ininsulto o pinahiya ka nila—sa ganoong kaso, tiyak na hindi komportable ang mararamdaman mo; ito ay normal na pagpapahayag ng pagkatao. Gayumpaman, kung ang pamantayan mo ng pagsukat ay ang mga salita ng Diyos, ang katotohanan, o ang kulturang galing sa Diyos, tawagin ka man ng mga tao sa pangalan mo o na “tito” o “kuya,” ganap na wala kang magiging reaksiyon. Sa bagay na ito, puwede mong sundin ang mga lokal na kaugalian. Halimbawa, sa Tsina, kapag may tumawag sa iyo ng “tito,” nararamdaman mo na sila ay magalang sa iyo. Pero kung pumunta ka sa isang bansa sa Kanluran at may tumawag sa iyo ng “tito,” maaasiwa ka; pipiliin mong tawagin ka sa iyong pangalan, makikita mong ito ay isang uri ng pagrespeto. Sa Tsina, kapag may isang taong labis na mas bata sa iyo na tinawag ka sa pangalan mo, hindi ka talaga masisiyahan, pakiramdam mo ay binalewala niya ang iyong senyoridad; malaking kahihiyan ang madarama mo, at magagalit ka at kokondenahin mo pa nga ang taong ito. Hindi ba’t ipinapakita nito na may problema sa ganitong paraan ng pag-iisip? Ito ang problemang gusto Kong ipahayag.

Ang bawat bansa at bawat etnisidad ay may sariling tradisyonal na kultura. Pupunahin ba natin ang lahat ng tradisyonal na kultura? May isang kulturang hindi dapat punahin. Masasabi ba ninyo kung ano ang kulturang ito? Bibigyan Ko kayo ng halimbawa. Nilikha ng Diyos si Adan; sino ang nagpangalan kay Adan? (Ang Diyos.) Kaya, nilikha ng Diyos ang sangkatauhan, at kapag nakikisalamuha sa kanila, paano Niya tinatawag ang mga tao? (Tinatawag Niya sila sa mga pangalan nila.) Tama, sila ay tinatawag Niya sa mga pangalan nila. Binibigyan ka ng Diyos ng isang pangalan, at ang pangalang ito ay may kahulugan sa mga mata ng Diyos; nagsisilbi itong titulo, isang katawagan. Kapag

binigyan ka ng Diyos ng titulo, tinatawag ka Niya sa titulong ito. Hindi ba't ito ay isang uri ng pagrespeto? (Oo.) Ito ang pinakamagandang uri ng pagrespeto, isang pagrespetong pinakamalapit na umaayon sa katotohanan at pinakapositibo. Ito ang pamantayan ng paggalang sa mga tao, at galing ito sa Diyos. Hindi ba't ito ay isang uri ng kultura? (Oo.) Dapat ba nating itaguyod ang kulturang ito? (Oo.) Ito ay galing sa Diyos; direktang tinatawag ng Diyos ang isang tao sa pangalan nito. Binibigyan ka ng Diyos ng pangalan, binibigyan ka ng titulo, at pagkatapos ay ginagamit Niya ang titulong ito para kumatawan sa iyo at itawag sa iyo. Ganito tratuhin ng Diyos ang mga tao. Noong nilikha ng Diyos ang pangalawang tao, paano ito tinrato ng Diyos? Hinayaan ng Diyos si Adan na pangalanan ito. Pinangalanan ito ni Adan na Eba. Tinawag ba ito ng Diyos sa pangalang ito? Oo. Kaya, ito ay kulturang nagmula sa Diyos. Binibigyan ng Diyos ang bawat nilikha ng isang titulo, at kapag tinawag Niya ang titulong ito, alam ng mga tao at ng Diyos kung sino ang tinutukoy. Respeto ang tawag dito, pagkakapantay-pantay ang tawag dito, ito ang pamantayang ipinangsusukat kung magalang ba ang isang tao, kung may diwa ba ng mabuting pag-asal sa kanyang pagkatao. Tumpak ba ito? (Oo.) Ito ay talagang tumpak. Sa Bibliya, nakatala man dito ang isang partikular na pangyayari o ang talaangkanan ng isang pamilya, lahat ng karakter ay may mga pangalan, may mga titulo. Gayumpaman, may isang bagay na hindi Ako sigurado kung napansin ninyo: Hindi gumagamit ang Bibliya ng mga katawagang gaya ng lolo, lola, tito, tita, nakatatandang tito, nakatatandang tita, at iba pa; gumagamit lang ito ng mga pangalan ng tao. Ano ang makukuha ninyo mula rito? Kung ano ang itinakda ng Diyos para sa mga tao, mga tuntunin man ito o batas, ay, sa termino ng mga tao, isang uri ng tradisyon na ipinasa sa mga tao. At ano ang tradisyong ito na ipinasa mula sa Diyos? Ito ay isang bagay na dapat sundin ng mga tao: Hindi na kailangan ang mga herarkikal na titulo. Sa mga mata ng Diyos, walang ganitong komplikadong titulo sa pamilya gaya ng lolo, lola, nakatatandang tito, nakababatang tito, nakatatandang tita, nakababatang tita, at iba pa. Bakit ba masyadong nababahala ang mga tao sa mga herarkikal na titulo at katawagang ito? Ano ang ibig sabihin nito? Ang mga bagay na ito ang pinakakinasusuklanan ng Diyos. Ang mga kauri ni Satanas ang palaging nagpapakaabala tungkol sa mga ito. Pagdating sa tradisyonal na kulturang ito, may napakatotoong katunayan sa Diyos: nilikha ng Diyos ang buong sangkatauhan, at malinaw Niyang nalalaman kung ilang pamilya at inapo ang puwedeng magkaroon ang isang tao; hindi na kailangan ang anumang herarkiya. Sinasabi lang ng Diyos na maging mabunga at magparami, na gawing maunlad ang iyong pamilya—iyan lang ang kailangan mong tandaan. Kung ilang inapo ang mayroon ang bawat henerasyon, at kung ilang inapo ang mayroon ang mga inapong iyon—iyon na iyon; hindi na kailangan ang herarkiya. Hindi kailangang malaman ng mga sumunod na henerasyon kung sino ang mga ninuno nila, ni magtayo ng mga bulwagan o templo para sa mga ninuno, lalong hindi nila kailangang mag-alay ng mga handog o sumamba sa mga ito. Nakatala sa Bibliya na ang lahat ng nananampalataya sa Diyos at sumusunod sa Kanya, ang mga nananampalataya kay Jehova, ay nag-aalay ng mga handog sa harap ng altar. Ang lahat

ng tao sa isang pamilya ay lumalapit sa Diyos at nag-aalay ng mga handog. Ito ay iba sa mga Tsino, kung saan ang bawat pamilya ay may bulwagan ng mga ninuno na puno ng mga plake ng pag-alala sa mga lolo sa talampakan, mga lolo sa tuhod, mga lola sa tuhod. Sa lugar kung saan unang sinimulan ng Diyos ang Kanyang gawain, hindi umiiral ang mga bagay na ito. Gayumpaman, ang ibang mga lugar na malayo sa lugar ng gawain ng Diyos, ay kontrolado ni Satanas at ng masasamang espiritu. Sa mga Budistang bansang ito, lumalago ang mga satanikong gawaing ito. Doon, kailangan ng mga tao na sumamba sa mga ninuno nila, at kailangang iulat sa pamilya ang lahat ng bagay, kailangang iparating sa mga ninuno ng pamilya ang lahat ng bagay; kahit pa wala na ang mga abo ng mga ninuno, ang mga sumunod na henerasyon ay dapat pa ring mag-alay ng insenso at yumuko. Sa modernong panahon, ang ilang taong nalantad sa mas Kanluranin at mas bagong mga ideya at nakawala na sa mga tradisyonal na pagkakatali sa pamilya ay ayaw nang manatili sa ganitong mga pamilya. Pakiramdam nila ay mahigpit at istrikto silang kinokontrol ng ganitong mga pamilya, na nakikialam sa halos lahat ng bagay ang mga nakatatanda sa pamilya, lalo na pagdating sa pag-aasawa. Sa Tsina, hindi na kakaiba ang ganitong mga bagay. Pinagtutuon ni Satanas ang mga tao sa senyoridad, at mukhang madaling matanggap ng mga tao ang konseptong ito, sa paniniwalang: “Ang bawat henerasyon ay may ranggo; ang mga nasa itaas ay ang mga ninuno natin. Sa sandaling mabanggit ang salitang ‘ninuno,’ dapat lumuhod ang mga tao at sambahin ang mga ito na para bang mga diyos.” Mula pagkabata, ang isang tao ay iniimpluwensiyahan, kinokondisyon, at pinalalaki ng pamilya niya sa ganitong paraan; itinatanim sa kanyang murang isipan ang isang bagay: na hindi puwedeng mabuhay ang isang tao sa mundong ito nang walang pamilya, at ang pag-iwan sa pamilya o paglaya mula sa pagkakatali sa pamilya ay isang pagkakasalang kasuklam-suklam sa moralidad. Ano ang ipinahihiwatig noon, isang pagkakasalang kasuklam-suklam sa moralidad? Ipinahihiwatig noon na kung hindi ka nakikinig sa pamilya mo, hindi ka isang mabuting anak, at ang ibig sabihin ng pagiging di-mabuting anak ay hindi ka tao. Samakatwid, karamihan sa mga tao ay hindi nangangahas na makawala sa pagkakataling ito sa pamilya. Ang mga Tsino ay lubhang kinokondisyon, iniimpluwensiyahan, at kinokontrol ng herarkiya, gayundin ng mga konseptong gaya ng Tatlong Pagsunod at Apat na Birtud, at ang Tatlong Mahahalagang Ugnayan at Limang Pampalagiang Birtud. Ang mga kabataang hindi tamang tinatawag ang mga nakatatanda sa kanila bilang tito, tita, lolo, o lola, ay madalas na inaakusahang walang galang at walang pinag-aralan. Ano ang ibig sabihin nito? Ibig sabihin nito, itinuturing kang mas mababa sa etnikong grupong ito, sa lipunang ito, dahil hindi ka sumusunod sa pamantayan ng lipunan, wala kang pinag-aralan, at wala kang kuwenta. May ilang taong maganda ang suot, magaling sa pagkukunwari, at nagsasalita nang may mabuting asal at magandang kilos; sila ay magaling magsalita, habang hindi mo man lang alam na tawagin ang isang tao na tito o tita. Sasabihin ng mga tao na wala kang pinag-aralan, at mababa ang tingin nila sa iyo saan ka man magpunta. Ito ang uri ng ideolohiya na itinanim sa mga Tsino. Ang ilang batang hindi

alam kung paano tumawag sa mga tao ay marahas na sisigawan o papaluin pa nga ng mga magulang nila. Habang pinapalo sila, sasabihin ng ilang magulang, “Wala kang galang, wala kang kuwenta, at wala kang pinag-aralan; mas mabuti pang paluin kita hanggang mamatay ka na! Wala ka nang ginawa kundi ipahiya ako, pinapahiya mo ako sa harap ng mga tao!” Dahil lang hindi alam ng bata kung paano tawagin ang ibang tao, palalakihin na ng mga magulang ang isyu para hindi sila mapahiya, matinding papaluin ang bata. Anong uri ng pag-uugali ito? Tahasang kalokohan ito! Mapagtatanto ba ninyo ang mga bagay na ito kung hindi Ako nagbahagi sa ganitong paraan? Sa mga pangyayaring nasusubaybayan ninyo sa tunay na buhay, o sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos, o sa sarili ninyong mga karanasan, dahan-dahan at unti-unti mo bang lubos na mauunawaan ang mga bagay na ito, at pagkatapos ay mababago ang direksyon ng buhay mo, mababago ang direksyon ng landas na tinatahak mo? Kung hindi, kulang ang inyong kabatiran. Sa lahat ng bagay, ang paggamit sa mga salita ng Diyos, sa gawain ng Diyos, at sa mga hinihingi ng Diyos bilang pamantayan ang pinakatamang pamamaraan; ito ay wala ni isang kamalian—ito ay hindi mapag-aalinlanganan. Ang anumang bagay na galing kay Satanas, gaano man ito umaayon sa mga kuru-kuro at panlasa ng tao, gaano man ito kadisenteng tingnan, ay hindi ang katotohanan kundi isang panghuhuwad.

Ang layon ng pagsasalaysay sa kuwentong ito ay para tulungan kayong makaunawa, para ipaunawa sa inyo kung ano ba ang katotohanan, kung ano ba ang makakamit ng mga tao sa pananampalataya sa Diyos, kung ano ba ang ibig sabihin ng maipabago ng Diyos sa mga tao ang kanilang mga disposisyon at maipakamit sa kanila ang katotohanan, at kung may anumang kaugnayan ba ang katotohanang sinabi ng Diyos at ang mga hinihingi Niya sa kung ano ang puwedeng maisip ng isang tao, o sa mga kaisipan, perspektiba, at iba’t ibang pagkaunawa na produkto ng edukasyon at pagkokondisyon mula sa pambansa at panlipunang kapaligiran ng isang tao. Dapat din ninyo mismong himayin ang lahat ng bagay na ito. Ngayon, isang aspekto lang ang nasaklaw ng halimbawa natin. Sa katunayan, sa puso ng bawat tao, marami pang mga bagay mula sa tradisyonal na kultura. May ilang nagsasabi: “Dahil dapat naman nating iwaksi ang herarkiya, ibig bang sabihin niyan ay puwede kong tawagin ang mga magulang ko sa pangalan nila?” Ayos lang ba ito? Kung tatawagin mo ang mga magulang mo na ina at ama, ibig bang sabihin niyan na sinusunod mo pa rin ang herarkiya at bumalik ka na sa tradisyonal na kultura? Hindi. Dapat pa ring tawagin ang mga magulang kung ano ang nararapat; ang pagtawag sa kanila ng nanay at tatay ay kung paano sila pinapatawag ng Diyos sa mga tao. Ganito sila dapat tawagin; kagaya lang ng kung paano ka tinatawag ng mga magulang mo na “anak,” “iho,” o “iha.” Kaya, ano ba ang dapat ninyong pangunahing maunawaan sa Aking pagkukuwento nito? Anong isyu ang pangunahin nitong tinatalakay? (Dapat magbago ang pamantayan natin ng paghuhusga sa mga bagay-bagay; dapat lahat ng bagay ay husgahan ayon sa mga salita at hinihingi ng Diyos.) Tama iyan. Huwag kayong pikit-matang mag-imbento ng mga bagay-bagay. Palaging gusto ng mga tao na gumawa ng sarili nilang “katotohanan.” Tuwing gusto nilang gumawa ng isang bagay, nakakaisip

sila ng mga argumento at teorya, at pagkatapos ay ng mga pamamaraan, at isinasakatuparan nila ito tama man ito o mali. Ilang taon nila itong isinasagawa, mahigpit itong sinusunod magkaroon man ito ng resulta o hindi, pero nadarama pa rin nila na sila ay mabuti ang kalooban, matuwid, at mabait. Iniisip nila na ang mga bagay na isinasabuhay nila ay mabuti, at ito ay nagdadala sa kanila ng papuri at paghanga, at sa huli ay patindi nang patindi nilang iniisip na magaling sila. Hindi kailanman pinagbubulayan, sinusubukang arukin, o hinahanap ng mga tao kung ano ba ang mga hinihingi ng Diyos para sa bawat bagay, kung ano ba ang mga prinsipyo ng pagkilos para sa paggawa ng bawat bagay, at kung nagpakita ba sila ng katapatan sa atas ng Diyos habang gumagawa sila ng kanilang tungkulin. Hindi nila pinagbubulayan ang mga bagay na ito; pinagbubulayan lang nila ang mga baluktot at buktot na bagay—hindi ba't ito ay pakikibahagi sa kabuktutan? (Oo.) Sinuman ang mahinahon sa panlabas, maayos ang pag-uugali, edukado at sumusunod sa mga pamantayan ng lipunan, panay ang salita tungkol sa kabutihang-loob, pagiging matuwid, kagandahang-asal, karunungan, at pagiging mapagkakatiwalaan, at nagsasalita nang napakaelegante, at nagsasabi ng mga bagay na magandang-pakinggan—pagmasdan ninyo kung isinasagawa ng ganitong tao ang katotohanan. Kung hindi niya kailanman isinasagawa ang katotohanan, siya ay walang iba kundi isang mapagpaimbabaw na nagkukunwaring mabuti; siya ay tulad lang ni Daming, at wala ni katiting na pagkakaiba. Anong uri ng mga tao ang nakatuon lang sa pagkakaroon ng mabuting pag-uugali at ginagamit ito para linlangin ang iba na purihin at hangaan sila? (Mga mapagpaimbabaw.) May espirituwal na pang-unawa ba ang mga taong ito? (Wala.) Kaya ba ng mga taong walang espirituwal na pang-unawa na isagawa ang katotohanan? (Hindi.) Bakit hindi nila kaya? (Hindi nila nauunawaan kung ano ang katotohanan, kaya itinuturing na lang nilang katotohanan ang ilang panlabas na mabubuting pag-uugali at ang mga bagay na itinuturing ng mga tao na mabuti, at isinasagawa nila ang mga iyon.) Hindi iyan ang pangunahing punto. Gaano man nila hindi nauunawaan ang katotohanan, hindi ba't alam pa rin nila ang ilang hayagang prinsipyo ng paggawa sa mga bagay-bagay? Kapag sinabi mo sa kanila kung paano dapat gawin ang tungkulin nila, hindi ba nila nauunawaan? May isang katangian ang ganitong mga tao: Wala silang intensyon na isagawa ang katotohanan. Anuman ang sabihin mo, hindi sila makikinig sa iyo; gagawin at sasabihin lang nila kung ano ang gusto nila. Kamakailan, palagi nating pinag-uusapan ang iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo. Tingnan mo ang mga taong nakapaligid sa iyo: Tingnan mo kung sino ang medyo nagbago, at kung kaninong ugali at mga prinsipyo sa paggawa ng mga bagay-bagay ang hindi man lang nagbago, kung kaninong puso ang hindi natitinag gaano ka man makipagbahaginan sa kanila, at kung sino ang hindi pa rin nagbabago, o ayaw magbago, at nagpapatuloy gawin ang mga bagay-bagay sa paraang gusto nila, kahit pa kaya nilang iugnay sa sarili nila ang nilalaman ng pagbabahagi mo. May mga nakasalamuha na ba kayong ganitong mga tao? Mayroon na, hindi ba? Bakit tinatanggal ang ilang lider at manggagawa? Ito ay dahil hindi nila isinasagawa ang katotohanan, at hindi sila gumagawa ng tunay na gawain. Nauunawaan

nila ang lahat ng uri ng doktrina, at nagpapatuloy sila sa mga sarili nilang pamamaraan. Gaano mo man ibahagi ang mga katotohanang prinsipyo, mayroon pa rin silang sarili nilang mga panuntunan, kumakapit sila sa mga sarili nilang pananaw at hindi nakikinig kaninuman. Ginagawa lang nila kung ano ang gusto nila—kapag nagsabi ka ng isang bagay, iba ang gagawin nila. Dapat tanggalin ang ganitong mga lider at manggagawa, tama? (Tama.) Talagang dapat. Nasa anong landas ang ganitong mga tao? (Nasa landas ng isang anticristo.) Sa pagtahak nila sa landas ng isang anticristo, kung nabigyan ng sapat na panahon, sila mismo ay magiging anticristo. Ang isyu na lang ay kung gaano katagal bago iyon mangyayari. Kung, gaano mo man ibinabahagi sa kanila ang katotohanan, hindi pa rin nila ito tinatanggap at hindi man lang sila nagbabago, talagang problema ito, at sila ay naging anticristo na.

Ano ang pinakamalaking inspirasyon na nakamit ninyo mula sa kuwentong ibinahagi ngayon? Iyon ay na madali para sa mga tao na malihis. Bakit madali para sa mga tao na malihis? Una, may mga tiwaling disposisyon ang mga tao; pangalawa, anuman ang edad nila, hindi na blangko ang mga tao sa mga kaisipan nila at sa kaibuturan ng mga puso nila. Kaya, anong mga tip ang ibinibigay sa inyo ng kuwentong ito? Madaling malihis ang mga tao—iyan ang una. Pangalawa, may tendensiya ang mga tao na kumapit sa pinaniniwalaan nilang mabuti at tama na tila ba ito ang katotohanan, itinuturing nila ang kaalamang biblikal at ang mga doktrinang espirituwal bilang mga salita ng Diyos na dapat isagawa. Pagkatapos maunawaan ang dalawang isyung ito, ano ang bagong pagkaunawa, mga ideya, o mga plano na dapat taglay ninyo para sa landas na dapat ninyong tahakin sa hinaharap at para sa bawat gampaning kailangan ninyong gampanan sa hinaharap? (Kapag gumagawa ng mga bagay-bagay sa hinaharap, hindi tayo dapat kumilos ayon sa pinaniniwalaan nating tama. Una, dapat isaalang-alang natin kung umaayon ba ang mga kaisipan natin sa pagnanais ng Diyos, at kung tumutugma ba ang mga ito sa mga hinihingi ng Diyos. Dapat tayong humanap ng mga prinsipyo ng pagsasagawa sa mga salita ng Diyos, at saka magpatuloy. Sa ganitong paraan lamang natin masisiguro na isinasagawa natin ang katotohanan at tama ang landas na tinatahak natin sa ating pananampalataya sa Diyos.) Dapat kayong magsikap pagdating sa mga salita ng Diyos. Tigilan ninyo ang sarili ninyong pagpapalagay. Wala kang espirituwal na pang-unawa; mababa ang kakayahan mo; at gaano man katayog ang mga ideyang naiisip mo, hindi katotohanan ang mga iyon. Kahit pa may kumpiyansa ka na walang kapintasan at tama ang ginawa mo, dapat mo pa rin itong ipaalam sa mga kapatid para mapagbahaginan at makumpirma, o para maikumpara sa mga nauugnay na salita ng Diyos. Makakamit mo ba ang isang daang porsiyentong kawalang-kapintasan sa paraang ito? Hindi palagi; puwede ka pa ring magkaroon ng kaunting paglihis sa pagsasagawa mo, maliban na lang kung naarok mo nang buong-buo ang mga katotohanang prinsipyo at ang pinagmumulan ng sinabi ng Diyos. Isang aspekto iyon. Ano ang pangalawa? Kung umaalis ang mga tao mula sa mga salita ng Diyos, gaano man kamakatwiran o kakaaya-aya tingnan ang mga kilos nila, hindi mapapalitan ng mga ito ang katotohanan.

Ang anumang hindi makakapalit sa katotohanan ay hindi ang katotohanan, ni hindi ito positibong bagay. Kung hindi ito positibong bagay, ano ito? Tiyak na ito ay hindi isang bagay na nakakalugod sa Diyos, ni umaayon sa katotohanan; ito ay isang bagay na kinokondena ng Diyos. Ano ang mga kahihinatnan kapag gumawa ka ng isang bagay na kinokondena ng Diyos? Magagawa mong kasuklaman ka ng Diyos. Ang lahat ng bagay na hindi nanggagaling sa Diyos ay negatibong bagay; galing ang mga ito kay Satanas. Puwedeng hindi ito maunawaan ng ilang tao; hayaan mong unti-unti itong dumating habang nagkakamit ka ng karanasan.

Ngayon, taimtim nating pinupuna ang isang bagay; ano ang pinupuna natin? Ang usapin ng pagtawag sa isang matandang inahing baboy na Tita Baboy, tama? Kahiya-hiya bang tawagin ang baboy na “Tita Baboy”? (Oo.) Nakakahiyang bagay ito. Palaging gusto ng mga tao na magkaroon ng marangal na titulo. Saan nanggagaling ang “karangalang” ito? Ano ang tinutukoy ng “karangalan”? Tungkol ba ito sa senyoridad? (Oo.) Ang palaging kagustuhang ituring na nakatatanda, ang palaging pagtuon sa senyoridad—mabuti ba ito? (Hindi.) Bakit hindi mabuti ang pagtuon sa senyoridad? Dapat mong suriin kung ano ang kabuluhan ng pagtuon sa senyoridad. Napakasimple lang na sabihin ito nang ganito: “Hindi hinahayaan ng Diyos ang mga tao na tumuon sa senyoridad, kaya bakit walang saysay mong tinatalakay ito? Walang saysay ang sinasabi mo habang nagkukunwari kang sibilisado. Hindi mo kailanman isinasaalang-alang ang mga interes ng sambahayan ng Diyos habang gumagawa ng tungkulin mo, at palagi mong ipinagkakanulo ang mga ito. Kapag ang isang bagay ay may kinalaman sa sarili mong mga interes, hindi ka mag-aatubiling ipagkanulo ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Sino ang sinusubukan mong lokohin sa pagkilos mo gaya ng isang mabuting tao? Karapat-dapat ka bang ituring na mabuti?” Katanggap-tanggap bang sabihin ito gaya nito? (Oo.) Ano ang dapat sabihin para gawin itong mas marahas? “Ano ba ang pinagsasasabi mo? Ikaw ay isa lang estupidong baboy, isang hangal, na walang anumang pagkaunawa sa katotohanan. Ano ba ang ipinagpapanggap mo? Pinag-aral ka, edukado ka, at nananampalataya ka sa Diyos. Napakarami mo nang nabasang mga salita ng Diyos at iniisip mo pa ring napakahusay mong manampalataya sa Diyos. Pero sa huli, hindi mo man lang alam kung ano ang ibig sabihin ng pagsasagawa sa katotohanan. Hindi ba’t isa ka lang estupidong baboy, isang ganap na hangal?” Diyan nagtatapos ang kuwentong ito. Ngayon balikan natin ang pangunahing paksa ng pagbabahagi.

Isang Paghihimay sa Tusong, Arbitrario at Diktatorial na Pag-uugali ng mga Anticristo at Kung Paano Nila Pinipilit ang mga Tao na Sundin Sila

I. Isang Paghihimay sa Tusong Pag-uugali ng mga Anticristo

Noong nakaraan, nagbahaginan tayo tungkol sa ikalimang aytem ng pagpapamalas ng mga anticristo—nililihis, inaakit, pinagbabantaan, at kinokontrol nila ang mga tao. Ngayon, magbabahaginan tayo tungkol sa ika-anim na aytem—kumikilos sila sa mga

tusong paraan, arbitraryo at diktatoryal sila, hindi sila kailanman nakikipagbahaginan sa iba, at pinipilit nila ang iba na sundin sila. May pagkakaiba ba sa aytem na ito at sa ikalimang aytem? Pagdating sa disposisyon, walang malaking pagkakaiba; lahat ng pagkilos ng dalawa ay tungkol sa pagsamsam ng kapangyarihan at pagkilos nang walang katwiran at maladiktador. Ang mga disposisyon ay parehong buktot, mapagmataas, matigas ang kalooban, at malupit; pareho ang mga disposisyon. Gayumpaman, itinatampok ng ikaanim na aytem ang isa pang prominenteng pagpapamalas ng mga anticristo, na ang mga kilos nila ay tuso—may kinalaman ito sa kalikasan ng mga pagkilos ng mga anticristo. Ngayon, una nating talakayin ang salitang “tuso.” Sa panlabas, ang “tuso” ay isa bang mapanghamak o mapagpuring salita? Kung may taong gumagawa ng isang tusong bagay, mabuting bagay ba iyon o masama? (Masama.) Kung may isang taong sinasabing kumikilos sa tusong paraan, mabuti ba o masama ang taong ito? Malinaw na ang mga impresyon at damdamin ng mga tao ay na ang isang taong kumikilos sa tusong paraan ay isang walang-kuwentang tao. Kung makakatagpo ng isang tusong bagay ang isang tao, ito ba ay nakakapagpaligaya o nakakakilabot? (Nakakakilabot ito.) Ito ay sadyang hindi mabuting bagay. Sa madaling salita, sa panlabas, ang “tuso” ay isang mapanghamak na salita, ito man ay naglalarawan ng mismong kilos o ng paraan ng pagkilos ng isang tao, wala sa mga ito ang positibo; tiyak na negatibo ito. Ngayon, ipaliwanag muna natin kung ano ang mga pagpapamalas ng pagiging tuso. Bakit ito tinatawag na tuso at hindi mapanlinlang? Ano ang espesyal na implikasyon ng salitang “tuso” rito? Mas malalim ang pagiging tuso sa pagiging mapanlinlang. Hindi ba’t mas matagal at mas mahirap para sa mga tao na makilatis ang isang taong kumikilos sa tusong paraan? (Oo.) Malinaw ito. Kaya, gamitin ninyo ang mga salitang naaarak ninyong lahat para ipaliwanag ang terminong “tuso.” Dito, ang ibig sabihin ng “tuso” ay mapaglalang at mapanlinlang, at tinutukoy nito ang di-normal na pag-uugali. Ang pagiging di-normal na ito ay tumutukoy sa pagiging tagong-tagong at hindi maintindihan ng normal na tao, na hindi nakikita kung ano ang iniisip o ginagawa ng gayong mga tao. Sa madaling salita, ang mga pamamaraan, motibo, at panimulang punto ng mga pagkilos ng ganitong tipo ng tao ay partikular na mahirap maarok, at minsan ay palihim at patago rin ang pag-uugali niya. Sa madaling salita, may isang termino na makakapaglarawan ng aktuwal na pagpapamalas at kalagayan ng pagiging tuso ng isang tao, at iyon ay ang “hindi pagiging hayagan,” dahil dito, siya ay nagiging mahirap maarok at hindi maunawaan ng iba. Ang mga pagkilos ng mga anticristo ay may ganitong kalikasan—ibig sabihin, kapag napagtanto mo at nadama mo na hindi direkta ang mga intensyon nila sa paggawa ng isang bagay, lubhang nakakatakot ito para sa iyo, pero sa maikling panahon o sa kung anong dahilan, hindi mo pa rin makilatis ang mga motibo at intensyon nila, at walang kamalayan mo lang na nadarama na tuso ang mga kilos nila. Bakit ka nagkakaroon ng ganitong uri ng pakiramdam sa kanila? Sa isang banda, ito ay dahil walang sinumang kayang makaarok sa talagang sinasabi o ginagawa nila. Isa pa ay palagi silang paligoy-ligoy magsalita, inililihis ka nila, sa kalaunan ay hindi ka na sigurado

kung alin ba sa mga pahayag nila ang totoo at alin ang di-totoo, at kung ano ba talaga ang ibig sabihin ng mga salita nila. Kapag nagsisinungaling sila, iniisip mong ito ang katotohanan; hindi mo alam kung aling pahayag ang totoo o di-totoo, at palagi mong nararamdaman na nilinlang at dinaya ka. Bakit umuusbong ang ganitong pakiramdam? Ito ay dahil ang ganitong mga tao ay hindi kailanman kumikilos nang hayagan; hindi mo malinaw na makikita kung ano ang ginagawa nila o kung ano ang pinagkakaabalahan nila, kaya hindi mo maiiwasang pagdudahan sila. Sa huli, nakikita mo na ang disposisyon nila ay mapanlinlang, mapaglalang, at buktot din. Ang salitang “tuso” ay malalim at kakaiba ang tunog sa mga tao, pero bakit ipinapaliwanag ito gamit ang simpleng parirala gaya ng “hindi pagiging hayagan”? May ipinapahiwatig na kahulugan sa pariralang ito. Ano ang ipinapahiwatig na kahulugan na ito? Ito ay na ang mga anticristo ay kadalasang nagpapakita sa iyo ng huwad na imahe tuwing may gusto silang gawin, na nagpapahirap sa iyo na makilatis sila. Halimbawa, kung gusto ng isang anticristo na sampalin ka sa kaliwa mong pisngi, itututok niya ang sampal sa kanan mong pisngi. Kapag umiwas ka para protektahan ang kanan mong pisngi, matagumpay niyang masasampal ang kaliwa mong pisngi, at sa gayon ay makakamit niya ang kanyang layon. Ito ay pagiging tuso, at pagiging puno ng mga pakana—lahat ng taong nakikisalamuha at nakikitungo sa kanila ay kinakalkula nila. Bakit palagi silang nagkakalkula? Maliban sa kagustuhang kumontrol ng mga tao at umokupa ng lugar sa puso ng mga ito, gusto rin nilang pakinabangan ang lahat ng tao. Dagdag pa rito, matutuklasan mo rin ang isang uri ng buktot na disposisyon sa ganitong mga tao: Partikular silang nasisiyahan sa pananamantala sa ibang tao o paggamit ng sarili nilang mga kalakasan para gawing katatawanan ang mga kahinaan ng iba, at natutuwa silang paglaruan ang mga tao. Ito ay isang pagpapamalas ng kanilang kabuktutan. Sa makamundong pananalita, ang ganitong mga tao ay itinuturing na may malalim na katusuhan. Iniisip ng mga ordinaryong tao, “Ang mga nakatatanda lang ang maaaring magkaroon ng malalim na katusuhan. Ang kabataan ay walang karanasan o makamundong karunungan, kaya paano sila magkakaroon ng malalim na katusuhan?” Tama ba ang pahayag na ito? Hindi, mali ito. Ang buktot na disposisyon ng mga anticristo ay hindi nakadepende sa edad; sila ay ipinanganak na taglay na ang disposisyong ito. Kaya lang noong mas bata pa sila at mas kaunti pa ang karanasan nila, ang paggamit nila ng ganitong mga pakana ay maaaring mas payak pa at hindi pa ganoon kapino. Habang tumatanda sila, wala nang mahahanap na butas sa kanila, tulad ng matatandang haring diyablo na ang mga pagkilos ay mahigpit na natatago at ganap na hindi maintindihan ng karamihan ng tao.

Kakabigay Ko lang sa inyo ng pahapyaw na paliwanag ng salitang “tuso,” kaya ngayon magbahaginan tayo tungkol sa mga partikular na kalagayan at pagpapamalas ng pagiging tuso. Hindi ba’t karapat-dapat itong pagbahaginan? Kung hindi tayo magbabahaginan tungkol dito, makikilatis kaya ninyo ang mga ito? Makikilatis ba ninyo ang mga ito? (Hindi.) Hindi sa ganap na hindi ninyo kayang makilatis o mahalata ang mga ito; paminsan-minsan mararamdaman mo ring talagang tuso ang isang partikular

na tao—napakatuso na nauuwi kang sumunod sa kanya kahit pagkatapos ka niyang ipagkanulo—at na kailangan mong mag-ingat sa kanya. Kaya, anong mga bagay ang ginagawa ng mga anticristo, at anong pananalita at mga pagkilos ang ibinubunyag nila sa pagtrato nila sa mga kapatid at sa mga tao sa paligid nila na nagpapakita na ginagawa nila ang mga bagay sa isang tusong paraan at nang may buktot na disposisyon? Ito ay karapat-dapat pagbahaginan. Kapag ang salitang “tuso” lamang ang ipinaliwanag, sa pangkalahatan ay simple lang ito para sa mga tao; malamang ay sapat na ang pagtingin sa diksiyonaryo para maunawaan ang kahulugan nito. Pero pagdating sa kung aling mga pagkilos, pag-uugali, at disposisyon ng mga tao ang may kaugnayan sa salitang ito at ang mga kongkretong pagpapamalas at kalagayan ng salitang ito, ito ay nagiging mas nakakapagod at mahirap unawain, hindi ba? Una, isipin mo ang mga tao, o mga partikular na anticristo, na nakilala at nakatagpo ninyo. Anong mga pagkilos nila ang nagpadama sa iyo na ang kalikasan ng pagkilos na ito ay may kaugnayan sa pagiging tuso, o anong mga pang-araw-araw na salita, pagkilos, at pag-uugali nila ang may kaugnayan dito? (Isang beses, nakatagpo ako ng isang anticristo na malinaw na gustong makipagpaligsahan para sa katayuan at maging lider, pero sinabi niya sa mga kapatid, “Kailangan nating isumbong ang mga huwad na lider at huwad na manggagawa. Sa paggawa lang nito tayo magtataglay ng gawain ng banal na espiritu. Kung hindi natin isusumbong at ilalantad ang mga huwad na lider, hindi natin makakamit ang gawain ng banal na espiritu. Dapat tayong tumindig para sama-samang pangalagaan ang gawain ng iglesia.” Sa pagpapanggap na pinangangalagaan ang gawain ng iglesia, naghanap siya ng mga paraan para makalamang sa mga lider at manggagawa, pinapalaki ang maliliit na isyu at inuudyukan ang mga kapatid na isumbong ang mga lider at manggagawa. Ang layon niya ay pabagsakin ang mga lider at manggagawa para siya mismo ay magkaroon ng pagkakataong maging lider. Hindi ito nakilatis ng maraming kapatid at nailigaw niya sila. Sa halip na kilatisin ang problema batay sa mga prinsipyo, sinunggaban nila ang ilang maliliit na isyu at ang mga nabunyag na katiwalian ng mga lider at manggagawa para kondenahin sila, bansagan sila, at palakihin ang mga bagay-bagay, pinapagulo ang iglesia.) Sabihin ninyo sa Akin, pagiging tuso ba ito? (Oo.) Ito ay mismong pagiging tuso. Bakit ito tuso? Nagpanggap siyang nagpapahalaga sa katarungan para makamit niya ang mga inililihim niyang layon, kasabay ng pang-uudyok sa ibang tao na kumilos habang hindi niya ipinapakita ang sarili niya at nagtatago siya para pagmasdan ang mga kahihinatnan. Kung maaayos ang mga bagay, mas mabuti, at kung hindi, walang makakakilatis sa kanya, dahil tagong-tago siya. Ito ay pagiging tuso—isa itong anyo ng mga pagpapamalas nito. Hindi niya hahayaang malaman mo ang tunay niyang mga kaisipan sa kaloob-looban niya, at kung mahuhulaan mo iyon kahit kaunti, dali-dali siyang magsasabi ng iba’t ibang palusot at argumento para itago ang mga iyon at ipagtanggol ang sarili niya anuman ang maging kabayaran, natatakot na makita ng mga tao ang katotohanan. Sadya niyang pinagulo ang mga bagay-bagay; ito ay pagiging tuso. Sino pa? (Ilang taon na ang nakalilipas, isang grupo ng mga anticristo ang lumitaw

sa ating iglesia at kinuha ang kontrol, iniwang magulo ang gawain ng iglesia. Nagpadala ang ang Itaas ng isang taong papalit sa pangangasiwa sa gawain, pero nakabalatkayong kumilos ang grupong ito ng mga anticristo, sinasabing, “May mga lider kami, at hindi kami tumatanggap ng mga lider na galing sa ibang lugar; kaya namin mismong pangasiwaan ang mga gawain.” Bilang bunga, maraming nailihis at nakinig sa mga anticristo, tumanggi silang tanggapin ang lider na isinaayos ng ang Itaas. Nilimita pa nga ng mga anticristong ito sa isang lugar ang lider na ipinadala ng ang Itaas, pinagbawalan siyang makisalamuha sa mga kapatid at ginawa nilang imposible para sa kanya na makatulong sa gawain ng iglesia o magpatupad ng anumang gawain.) Ito ay lubhang katusuhan ng mga anticristo—ano ang tinatago nilang motibo? Gusto nilang kontrolin ang iglesia at magtayo ng sarili nilang nagsasariling kaharian. Ito ay tuso; ito ang uri ng bagay na ginagawa ng mga anticristo.

Ano ang mga pangunahing pagpapamalas ng mga anticristong kumikilos sa tusong paraan? Ang isa ay ang hindi pagiging hayagan, at ang isa pa ay palihim silang nagsasaalang-alang ng mga di-mabanggit na pakana. Kung isisiwalat nila sa lahat ng tao ang mga plano at intensyon nila, maisasakatuparan ba nila ang mga ito? Tiyak na hindi. Bakit ganito gumawa ng mga bagay-bagay ang mga taong gumagamit ng mga tusong pamamaraan? Ano ang balak sa likod ng mga pagkilos na ito? Hanggang ngayon, ang mga naisip ninyo ay pagkontrol lang sa iglesia, pero ang ilang bagay ay walang kinalaman sa pagkontrol sa iglesia o pagkontrol sa lahat ng tao. Ang panlilihis sa mga tao ng isang iglesia o ng isang rehiyon ay medyo malaking bagay, kaya ano ang balak sa likod ng mas maliliit na pag-uugali at pagkilos ng mga anticristo sa mga ordinaryong pagkakataon? Ito ay para samantalain ang mga tao at udyukan ang mga taong gumugol ng lakas para sa kanila para matugunan ang mga interes nila at ang sarili nilang mga pakay. Habang pinamamatnugutan ng Diyos ang mga tao at pinamumunuan Niya ang mga kapalaran nila, nangangarap din ang mga anticristo na diktahan ang kapalaran ng mga tao at manipulahin ang mga ito. Pero kung direkta nilang sasabihin na gusto ka nilang manipulahin, papayag ka ba rito? Kung sinabi nilang gusto ka nilang utus-utusan na parang alipin, papayag ka ba? Kung sinabi nilang sila ang lider at dapat kang makinig sa kanila, papayag ka ba? Tiyak na hindi ka papayag. Samakatwid, kailangan nilang pumili ng ilang di-karaniwang pamamaraan para hindi mo mamalayang sinasamantala ka nila; ito ang tinatawag na pagiging tuso. Halimbawa, ang malaking pulang dragon ay kumikilos sa isang tusong paraan, gumagamit ng mga tila lehitimong dahilan para iligaw ang mga tao. Paano nito nakumpiska ang mga ari-arian ng mga may-ari ng lupa at ng mga kapitalista? May isinulat bang polisiyang naghahayag na dapat ibigay sa estado ang lahat ng ari-arian na higit sa isang partikular na halaga? Gagana ba ito kung ipinahayag ito nang hayagan? (Hindi ito gagana.) Dahil hindi ito gagana, ano ang ginawa nito? Kinailangan nitong humanap ng paraan na pinaniniwalaan ng lahat na tama para mapangatwiran nito ang pagkumpiska at pagsamsam sa mga ari-arian ng mga may-ari ng lupa at mga kapitalista. Tinanggalan nito ng kapangyarihan ang mga

may-ari ng lupa at ang mga kapitalista, pinayaman ang estado, at pinalakas ang pamumuno nito. Paano iyon ginawa ng malaking pulang dragon? (Sa pamamagitan ng pag-atake sa mga may-ari ng lupa at pamamahagi ng lupa sa iba.) Isinulong nito ang “pag-atake sa mga may-ari ng lupa at pamamahagi ng lupa sa iba” at “pagkakapantay-pantay ng lahat,” at pagkatapos ay gumawa ito ng mga kuwento gaya ng “Ang Batang Babaeng Puti ang Buhok” para pagmukhaing may sala at kondenahin ang lahat ng may-ari ng lupa at kapitalista. Ginamit nito ang kapangyarihan ng opinyon ng publiko at propaganda para indoktrinahin ang mga tao gamit ang mga nakalililang na ideyang ito, ipinapaisip sa lahat ng taong hindi nakakaalam na ang mga may-ari ng lupa at kapitalista ay masasama at hindi kapantay ng masang nagtatrabaho, na ngayon, ang mga tao na ang nasusunod sa bansa nila, na ang estado ay pag-aari ng mga tao, na ang iilang indibidwal na ito ay hindi dapat magmay-ari ng napakalaking yaman, at na dapat itong kumpiskahin at ipamahagi sa lahat ng tao. Dahil sa pang-uudyok ng gayong tinatawag na mga mabuti, tama, at para-sa-mahirap na ideolohiya at teorya, nailigaw at nabulag ang mga tao, at nagsimula silang lumaban sa mga lokal na negosyante at umatake sa mga may-ari ng lupa at kapitalista. At ano ang huling kinahinatnan? Ang ilan sa mga may-ari ng lupa at kapitalistang ito ay binugbog hanggang mamatay, ang ilan ay nabaldado, at ang ilan ay tumakas sa malayo. Sa madaling salita, ang huling kinahinatnan ay nakuha ng malaking pulang dragon ang gusto nito. Ang mga hangal at ignoranteng masang ito ay dahan-dahang ginabayan sa ganitong mga pakana para makamit ang mga layong gusto ng mga diyablong ito. Sa gayunding paraan, gumagamit din ang mga anticristo ng ganitong mga tusong pamamaraan kapag gumagawa sila ng mga bagay-bagay. Halimbawa, kapag nakipagtulungan ang isang anticristo sa isang tao para sa tungkulin ng pamumuno, at nakita niyang ang taong ito ay may pagpapahalaga sa katarungan, nauunawaan ang katotohanan, at kaya siyang kilatisin, nagsisimula siyang mag-alinlangan: “Sisiraan kaya ako ng lalaking ito pagtalikod ko? May pinaplano ba siya nang palihim? Bakit hindi ko siya makilatis? Nasa panig ko ba siya o hindi? Isusumbong kaya niya ako sa ang itaas?” Dahil may ganito siyang mga iniisip, nagsisimula siyang mangamba na hindi ligtas ang katayuan niya, hindi ba? Kaya, ano ang sunod niyang gagawin? Direkta ba niyang papahirapan ang taong iyon? Ang ilang anticristo ay hayagang papahirapan ang ganoong uri ng tao, pero ang tusong uri ay hindi ito gagawin ng direkta. Sa halip, magsisimula sila sa pagkausap sa ilang kapatid na kung ikukumpara sa iba ay mas mahina, magulo ang isip, at walang pagkilatis, tatanungin at susuriin ang mga ito nang maingat: “Si ganito-at-ganyan ay higit isang dekada nang mananampalataya, kaya dapat may kaunting pundasyon na ang pananampalataya niya, hindi ba?” Maaaring tumugon ang isang tao: “Talagang may pundasyon siya. Sa lahat ng taon na iyon ng pananampalataya sa Diyos, tinalikuran niya ang pamilya at propesyon niya; mas malakas ang pananalig niya kaysa sa atin. Talagang makakabuti para sa iyo ang makipagtulungan sa kanya.” Sasabihin ng anticristo: “Oo, mabuti iyon, pero hindi siya kailanman nakikihalubilo sa ibang kapatid. Mukhang hindi siya palakaibigan.” Maaaring

idagdag ng isa pang tao: “Hindi iyan ang kaso—mas hinahangad niya ang katotohanan kaysa sa atin. Madalas tayong magkakasamang nag-uusap, pero kadalasan ay ginugugol niya ang oras niya sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos, pakikinig sa mga sermon, at pag-aaral ng mga himno, at kapag kasama natin siya ay nakikipagbahaginan siya sa mga salita ng Diyos.” Pagkarinig sa mga kanais-nais at sumasang-ayong komento tungkol sa taong ito, pakiramdam ng anticristo ay wala na siyang anumang masasabi pa, kaya iibahin na lang niya ang paksa, sasabihing: “Maraming taon na siyang nananampalataya sa diyos at mas may karanasan siya kaysa sa atin. Dapat lalo tayong makisalamuha sa kanya sa hinaharap at huwag siyang ihiwalay.” Pagkarinig nito, wala pa ring nakikilatis ang iba. Pagkakita na karamihan sa mga tao ay pumupuri sa indibidwal na iyon, ang anticristo, na hindi kayang makamit ang mga motibo niya, ay wala nang sinasabi tungkol sa paksa. Kalaunan, makakakita ang anticristo ng isa pang grupo ng mga tao at magtatanong: “Kahit kailan ba ay nakikita ninyo si ganito-at-ganyan na nagbabasa ng mga salita ng diyos? May impresyon ako na palagi siyang nakikipagbahaginan sa iba at mukhang abala sa panlabas; bakit hindi siya kailanman nagbabasa ng mga salita ng diyos?” Mas nakakaunawa ang grupong ito, at nakukuha nila ang ipinapahiwatig at iniisip, “Mukhang may alitan sa pagitan ng dalawang ito; sinusubukan niya tayong udyukan na siraan at ihiwalay ang taong iyon.” Kaya, tumutugon sila: “Oo, palagi siyang abala sa mga hindi importanteng gampanin, palaging sobrang binibigyang-kahulugan ang mga tao at bagay-bagay. Bihira siyang magbasa ng mga salita ng diyos, at sa pagkakataong ginagawa niya iyon, nakakatulog lang siya; ilang beses ko na itong napansin.” Mula sa mga pakikipag-usap niya sa una at pangalawang grupo ng mga tao, anong uri ng disposisyon ang naroroon sa mga salita ng anticristo? Hindi ba’t ito ay buktot? (Oo.) Ano ang kalikasan at pamamaraan ng mga kilos niya? Tuso ang mga ito. Hindi napagtanto ng unang grupo ng mga tao kung ano ang sinusubukang gawin ng anticristo, habang napansin ng pangalawang grupo kung ano ang nangyayari, at pagkatapos ay sinang-ayunan na lang nila ang sinabi nito. Nang makita ng anticristo na sumunod ang pangalawang grupo sa sinabi niya at puwedeng mahikayat ang mga ito, gusto ng anticristo na gamitin ang grupong ito para mapaalis ang kapareha niya. Tuso ang pag-iisip nang ganito. Pagkatapos ng lahat ng uri ng panghihikayat, ang pangalawang grupo ay nailigaw at nahikayat, at nagsasabi: “Dahil hindi natutugunan ng taong iyon ang mga prinsipyo at kondisyon sa pagiging lider ng iglesia, sa tingin ko ay hindi natin siya dapat iboto bilang lider sa susunod, tama?” Napakamandaraya ng grupong ito, at pagkatapos nilang magsalita, inoobserbahan nila ang saloobin ng anticristo. Sinasabi ng anticristo: “Hindi puwede iyan; hindi patas iyan. Ito ay sambahayan ng diyos, hindi lipunan!” Pagkarinig nito, nagtanong sila: “Hindi ba talaga iyan puwede? Kung gayon, ano ang dapat naming gawin? Iboboto namin siya sa susunod, kung gayon.” Agad na sasabihin ng anticristo, “Hindi rin makakatulong ang pagboto sa kanya.” Nakikita ninyo? Anuman ang sabihin nila, hindi ito tama; problema ito. Sa katunayan, gusto lang ng anticristo na akayin ang mga taong ito sa landas nila, hinuhukay ang bangin na

kalalaglagan ng mga ito. Sa huli, pagkatapos makinig sa ganito at ganyan, napagtatanto ng mga taong ito ang mga intensyon ng anticristo: “Magkaroon na lang tayo ng patas na halalan. Wala naman siyang masyadong kalamangan, kaya puwede rin namang hindi siya mapili.” Natutuwa ang anticristo. Tingnan ninyo: Narito ang isang lobo at ilang soro, at mahigpit silang nagsasama-sama sa pagkilos. Ito ang prinsipyo at kalikasan ng mga pagkilos na ginagawa ng anticristo at ng mga puwersang sumusunod sa kanya sa iglesia; ito ang pagpapamalas nila. Sinasabi ng mga taong sumusunod sa mga anticristo, “Bumoto tayo. Bukod dito, hindi rin naman siya ganoon kagaling; kung boboto tayo, puwede namang hindi siya mapili.” May kaduda-duda ba rito? May pinaplano ba sila? May mga nakita na silang pahiwatig sa mga salita ng isa’t isa, pero walang sinumang direktang nagsasabi kung ano ang dapat gawin; may tahimik na pagkakaunawaan sa pagitan nila, at naiintindihan ito ng lahat. Sa panlabas, hindi direktang tinuturuan ng anticristo ang sinuman na hindi piliin ang kapareha niya, at hindi rin sinasabi ng mga nakakababa sa kanya na, “Hindi namin siya pipiliin; pipiliin ka namin.” Bakit hindi nila ito masabi nang tahasan? Ito ay dahil wala sa dalawa ang gustong magbigay ng kalamangan sa kabila. Hindi ba’t tuso ito? Ito ay pawang kabuktutan. Nakikinig sila sa tono ng pananalita ng isa’t isa, pero walang direktang nakikipag-usap, at sa huli, mayroon silang mapagkakasunduan. Ito ay tinatawag na satanikong diyalogo. Sa kanila, may isang “hangal” na, pagkatapos makinig, ay hindi pa rin nakakaunawa at nagtatanong pa rin sa iba kung iboboto ba nila ang taong iyon o hindi. Paano tutugon ang anticristo? Kung sasabihin niya, “Gawin mo kung ano ang sa tingin mo ay tama,” masyadong mahahalata ito. Ang ganitong sagot ay may dalang pananakot at pang-uudyok; hindi nagsasalita nang ganito ang mga buktot na tao. Sa halip, sinasabi nila: “Hindi ba’t may mga pagsasaayos ng gawain ang sambahayan ng diyos? Iboto ninyo kung sino ang dapat iboto; kung hindi dapat piliin ang isang tao, huwag ninyo siyang iboto.” Hindi ba’t pagsasalita ito nang malabo? Gumagamit sila ng tila lehitimong dahilan, sinasabing: “Dapat kang kumilos ayon sa mga prinsipyo; hindi ka puwedeng makinig sa akin. Hindi mahalaga ang sinasabi ko. Hindi ako ang mga prinsipyo; ang mga salita ng diyos ang mga prinsipyo.” Maririnig ito ng “hangal” at iisipin niya, “Kung dapat kaming kumilos ayon sa mga prinsipyo, iboboto ko siya.” Nang makita na hangal ang taong ito at puwedeng makasira sa mga plano nila, sama-sama siyang pinaalis ng grupo, hindi nila hinahayaan ang “hangal” na manatili kasama nila. Sa huli, kapag patuloy na nagtatanong ang “hangal” kung dapat ba nilang iboto ang taong iyon o hindi, sasabihin ng isang tao: “Pag-usapan natin ito mamaya. Pagpapasyahan natin ito batay sa kanyang paggampan.” Mayroon bang anumang kapasyahan sa mga salitang ito? Mayroon bang anumang pagkamatapat? (Wala.) Kung gayon, ano ba talaga ang nasa mga salitang ito? Ipinaparating ng mga salitang ito ang kanilang buktot na disposisyon, pati na rin ang mga inililihim nilang motibo, intensyon, at layunin. Isinasama nila ang lihim na pagsasabwatan nila—ng lobo at mga soro—para tanggalin ang taong mainit sa mata ng anticristo. Bakit nagagawang kumilos nang ganito ng grupong ito ng mga tao? Maliban sa pinamamahalaan sila ng kanilang buktot na

disposisyon, ang dahilan kung bakit nila ito nagagawa ay dahil hindi gusto ng nakatataas sa kanila, ng anticristo, ang taong iyon. Kung iboboto nila siya, at nalaman ito ng anticristo, hindi mabuti ang kahihinatnan. Kaya, para sa kanila, ang pinakaagaran at pinakamahalagang gawin, ang pinakamainam na gawin, ay ang hindi iboto ang taong iyon. Nakikinig silang lahat sa anticristo; anuman ang sabihin ng anticristo, sa anumang direksyon gumawi ang mga salita nito, susunod ang mga taong ito, isasantabi nila ang mga katotohanang prinsipyo at mga salita ng Diyos. Nakikita mo, hangga't lumilitaw ang isang anticristo, hindi maiiwasan na may mga susunod dito. Hangga't kumikilos ang isang anticristo, sasamahan at susundan ito ng ilang tao—walang anticristo na kumikilos nang mag-isa at nang nakahiwalay.

Ang kakatalakay lang natin ay isa sa mga pagpapamalas ng kung paano kumikilos sa tusong paraan ang mga anticristo. Ang pagiging tuso na nabanggit dito ay tumutukoy sa pagkakaroon ng mga anticristo ng mga sarili nilang balak at motibasyon sa ginagawa nila, pero hindi nila sasabihin sa iyo o hahayaang makita mo ang mga ito. Kapag natuklasan mo ito, gagawin nila ang lahat para pagtakpan ito, gagamit sila ng iba't ibang paraan para iligaw ka, para baguhin ang tingin mo sa kanila. Ito ang tusong aspekto ng mga anticristo. Kung ang kanilang mga motibo ay madaling malantad, malawak na maisapubliko, at maibahagi sa lahat ng tao, naipapaalam sa mga tao, magiging tuso ba iyon? Hindi iyon magiging tuso; magiging ano iyon? (Hangal.) Hindi hangal—ito ay magiging kayabangan sa puntong wala nang katwiran. Tuso ang pag-uugali ng mga anticristo. Paano sila naging tuso? Lagi silang kumikilos sa paraang nakasalalay sa panlilinlang, at ang kanilang mga salita ay walang ibinubunyag, kaya nahihirapan ang mga tao na maarok ang kanilang mga intensyon at layon. Iyon ay tuso. Hindi sila madaling nakakaabot sa mga kongklusyon sa anumang sinasabi o ginagawa nila; hinahayaan nilang maramdaman ng kanilang mga nasasakupan at tagapakinig ang kanilang intensyon, at ang mga taong iyon, matapos maunawaan ang anticristo, ay kumikilos ayon sa kanilang mga intensyon at mga motibasyon at isinasagawa ang kanilang mga utos. Kapag natapos ang isang gampanin, masaya na ang anticristo. Kung hindi pa, walang sinumang makakahanap ng anuman laban sa kanya, o makakaarok sa mga motibasyon, intensyon, o layon sa likod ng ginagawa niya. Ang pagiging tuso ng ginagawa ng mga anticristo ay nasa mga tagong pakana at mga lihim na layon, na pawang para linlangin, paglaruan, at kontrolin ang lahat ng iba pa. Ito ang diwa ng tusong pag-uugali. Ang pagiging tuso ay hindi simpleng pagsisinungaling o paggawa ng masamang bagay; sa halip, kinasasangkutan ito ng mas malalaking intensyon at layon na hindi maarok ng mga ordinaryong tao. Kung may nagawa kang isang bagay na ayaw mong malaman ng sinuman, at nagsinungaling ka, maituturing bang pagiging tuso iyon? (Hindi.) Pagiging mapanlinlang lamang iyon, at hindi umaabot sa antas ng pagiging tuso. Paano naging mas matindi ang pagiging tuso kaysa sa pagiging mapanlinlang? (Hindi ito maarok ng mga tao.) Nahihirapan ang mga tao na maarok ito. Isang bahagi nito iyon. Ano pa? (Walang anumang magagamit ang mga tao laban sa isang tusong tao.) Tama iyan.

Mahirap para sa mga tao na makakita ng anumang magagamit laban sa kanya. Kahit alam ng ilang tao na nakagawa ang taong iyon ng masasamang bagay, hindi nila matukoy kung siya ba ay isang mabuti o di-mabuting tao, isang masamang tao o isang anticristo. Hindi siya makilatis ng mga tao, kundi iniisip nila na mabuting tao siya, at maaari niya silang mailihis. Pagiging tuso iyon. Ang mga tao ay karaniwang mahilig magsinungaling at magplano ng mga munting pakana. Pagiging mapanlinlang lamang iyon. Ngunit mas mapaglalang ang mga anticristo kaysa sa mga karaniwang mapanlinlang na tao. Para silang mga haring diyablo; walang sinumang makaarok sa ginagawa nila. Kaya nilang gumawa ng maraming masamang bagay sa ngalan ng katarungan, at pumipinsala sila ng mga tao, pero pinupuri pa rin sila ng mga tao. Ito ay tinatawag na pagiging tuso.

May insidente noong nakaraan kung saan ang isang lider, habang nakikipag-usap at nakikipagbahaginan sa ang Itaas, ay sinabihan tungkol sa ilang plano ng gawain ng sambahayan ng Diyos. Noong panahong iyon, hindi pa pormal na inilabas ang pagsasaayos ng gawain. Pagbalik niya, nagsimula siyang magpakitang-gilas, pero hindi mo masabi kung ito ay pagpapakitang-gilas. Napakaseryoso ng pakikipag-usap niya sa pagtitipon, at sa gitna ng pagbabahagi niya, bigla na lang niyang sinabi ang isang bagay na wala pang nakakarinig dati: “Hanggang ngayon, nakompleto na ang bawat hakbang ng gawain ng diyos, at naging matatag na sa pangkalahatan ang mga tao. Simula sa susunod na buwan, ipapalaganap natin ang ebanghelyo, kaya kailangan nating magtatag ng mga pangkat ng mga taga-ebanghelyo. Paano dapat itatag ang mga pangkat ng mga taga-ebanghelyo? May ilang detalye rito....” Nang marinig ito ng iba, inisip nila, “Saan galing ang mga salitang ito? Hindi pa naglilabas ng anumang pagsasaayos ng gawain ang ang Itaas. Paano niya nalaman? Malamang ay nahuhulaan niya ang mangyayari sa hinaharap!” Sila ay sumasamba sa kanya, hindi ba? Agad na nagbago ang saloobin ng mga tao sa kanya. Ang tanging ginawa niya ay banggitin ang pagtatatag ng mga pangkat ng mga taga-ebanghelyo pero wala siyang ginawang anumang partikular na gawain pagkatapos—sumigaw lang siya ng mga hungkag na islogan. Siyempre, may layon siya sa pagsigaw ng mga hungkag na islogan; nagpapakitang-gilas siya, gusto niyang mataas ang tingin sa kanya ng mga tao, na sambahin siya. Hindi nagtagal, inilabas ang pagsasaayos ng gawain mula sa ang Itaas. Nang makita ito ng mga kapatid, namangha sila at nagsabing, “Ang galing! Hindi ba’t malapropesiya ito? Paano mo nalaman ang tungkol dito? Mas nauunawaan mo ang katotohanan kumpara sa amin; mas mataas ang tayog mo. Napakababa ng tayog namin. Kapag panahon na para ipangaral ang ebanghelyo, nasabi mo na sa amin, habang manhid pa kami at walang kamalay-malay. Tingnan mo, hindi ba’t umaayon ang ibinahagi mo sa pagsasaayos ng gawain mula sa ang Itaas? Nagkataong tumugma ito, at ngayon ay pinatunayan na.” Sa pamamagitan ng insidenteng ito, lalo pa siyang sinamba ng lahat ng tao, at hindi sa ordinaryong paraan, kundi nang may ganap na pagpapasakop, halos abot na sa punto ng pagluhod at pagyuko sa harap niya. Karamihan ng tao ay hindi alam ang bagay na ito; kung hindi siya mismo ang nagsalita, walang makakaalam, ang Diyos lang ang may alam. Ito ay

napakalinaw na bagay, at hindi niya ito ibinunyag kaninuman, sa halip ay pinili niyang linlangin sila nang walang pakundangan. Maituturing bang tuso ang pag-uugaling ito? (Oo.) Bakit niya nilinlang nang ganito ang iba? Bakit niya nagawang umasal at kumilos nang ganito? Ano ba talaga ang iniisip niya sa kanyang puso? Gusto niyang makita siya ng mga tao bilang naiiba, na isipin nila na hindi siya ordinaryong tao. Ito ba ay isang bagay na dapat matagpuan sa normal na pagkatao? (Hindi.) Ang mga kilos ng ganitong tao ay kasuklam-suklam at walang kahihiyan. Maituturing mo ba itong tuso? (Oo.) Bukod pa sa pagiging tuso, ito rin ay medyo kasuklam-suklam.

Sa mga anticristo, may isang uri ng tao na hindi kailanman naringgang magsabi ng anumang mali o nakitaang gumawa ng anumang mali; ang ginagawa nila at ang paraan ng pagkilos nila ay itinuturing na mabuti at sinasang-ayunan ng lahat. Madalas silang nakangiti, may mukhang tulad ng isang maawaing santo, hindi nagpupungos ng sinuman. Anuman ang mga maling ginagawa ng mga tao, palagi silang nagpaparaya sa mga ito nang may pusong mapagpatawad gaya ng sa isang mapagmahal na ina. Hindi nila kailanman hinaharap ang mga nasa iglesia na lumalabag sa mga atas administratibo, nanggugulo at nanggagambala, o gumagawa ng masasamang gawa. Ito ba ay dahil hindi nila nakikita o nakikilatis ang mga bagay na ito? Hindi, parehong hindi; nakikita at nakikilatis nila ang mga ito, pero sa puso nila, naniniwala sila na kapag nilinis ang mga taong ito at naging mapayapa ang iglesia, na puno lang ng matatapat na tao, ng mga naghahangad sa katotohanan, at mga sinserong ginugugol ang mga sarili nila para sa Diyos, sila mismo ay madaling makikilatis at baka hindi na magkaroon ng mapanghahawakan sa iglesia. Kaya, pinananatili nila ang mga taong ito sa paligid nila, pinapahintulutan nilang patuloy na gumawa ng masama ang mga taong gumagawa ng masama, patuloy na magsinungaling ang mga sinungaling, at patuloy na manggulo ang mga nanggugulo, tinitiyak nilang sa pamamagitan ng mga panggugulong ito ay hindi kailanman magiging payapa ang iglesia, at sa gayon ay sinisiguro nila ang sarili nilang katayuan. Kaya, sa sandaling may taong patatalsikin, pakikitunguhan, ihihiwalay, o tatanggalin sa posisyon nila, ano ang sinasabi nila? “Dapat bigyan natin ang mga tao ng pagkakataong magsisi. Sino ba ang walang pagkukulang o katiwalian? Sino ba ang hindi nakagawa ng mga pagkakamali? Dapat matuto tayong magparaya.” Pag-iisipan ito ng mga kapatid at sasabihin nila, “Nagpaparaya kami sa mga taong tunay na nananampalataya sa Diyos at may mga pagsalangsang o na mga hangal at ignorante, pero hindi kami nagpaparaya sa masasamang tao. Masamang tao siya.” Tutugon ang anticristo, “Paano siya naging masamang tao? Paminsan-minsan lang ay nagsasabi siya ng masasakit na salita; hindi iyon kasamaan. Ang mga taong pumapatay at nanununog sa mundo, sila ang tunay na masasamang tao.” Pero ano ba talaga ang iniisip ng anticristo? “Masamang tao siya? Kasingsama ko ba siya? Hindi mo pa nakikita kung ano ang ginawa ko, hindi mo alam kung ano ang nasa isipan ko. Kung alam mo, hindi ba’t aalisin ninyo ako? Iniisip ba ninyong alisin siya? Hindi puwede! Hindi kita hahayaang harapin siya. Sinuman ang mangangahas, manggagalaiti ako sa kanila, papahirapan ko

sila! Sinuman ang mangangahas na harapin siya, patatalsikin ko!” Pero sasabihin ba nila ito nang malakas? Hindi, hindi nila sasabihin. Ano ang gagawin nila kung gayon? Pakakalmahin muna nila ang sitwasyon, paaayusin nila ang kalagayan ng mga usapin, ipapakita nilang may kakayahan silang mamuno ng iglesia at kaya nilang balansehin ang iba’t ibang puwersa, upang hindi kaya ng iglesia na mawala sila. Sa ganitong paraan, hindi ba’t sigurado ang posisyon nila? Sa sandaling sigurado na ang posisyon nila, hindi ba’t napapanatili na rin ang kanilang kabuhayan? Ito ang tinatawag na pagiging tuso. Kaya, hindi makilatis ng karamihan ng tao ang tunay na kalikasan ng ganitong mga indibidwal. Bakit hindi? Hindi sila kailanman nagsasabi ng katotohanan, ni basta-basta kumikilos. Anuman ang hingin ng ang Itaas na gawin nila, iraraos lang nila; anumang libro ang dapat ipamahagi, ipapamahagi nila ito; pinapanatili nila ang ilang pagtitipon sa isang linggo, at hindi nila sinosolo ang pagbabahaginan sa mga pagtitipon. Sa panlabas, mukhang perpekto at walang kapintasan ang lahat ng bagay, walang masasabing puna. Pero may isang bagay na matutukoy ninyo: Hindi sila kailanman humaharap sa masasamang tao. Sa kabaligtaran, pinoprotektahan nila ang mga ito, palagi nilang pinagtatakpan at pinagtatanggol. Hindi ba’t tuso ito? Ano ang tuso na aspekto ng pag-uugali nila rito, ano ang pinagtutuunan? Dapat maging malinaw ang mga ito. Hindi sila kailanman nagsasabi ng katotohanan, palaging nagsisinungaling para linlangin ang sambahayan ng Diyos. Nakikita nilang gumagawa ng masama ang masasamang tao pero hindi nila hinaharap ang mga ito, palagi nilang pinapakalma ang mga bagay-bagay at palagi silang nagpapasensya at nagpaparaya. Ano ang motibo nila sa paggawa ng mga bagay na ito? Ito ba ay talagang para tulungan ang mga taong mapunan ang kalakasan ng isa’t isa at magparaya sa isa’t isa? (Hindi.) Kung gayon ano ang pakay nila? Gusto nilang pagtibayin ang sarili nilang impluwensiya, na patatagin ang katayuan nila. Alam nila na sa sandaling alisin ang masasamang tao, sila na ang susunod na aalisin; ito ang kinakatakutan nila. Kaya, hinahayaan nila ang masasamang tao sa paligid nila; hangga’t nariyan ang mga ito, ligtas ang katayuan ng anticristo. Kung aalisin ang masasamang tao, katapusan na ng anticristo. Ang masasamang tao ang pumoprotekta sa kanila, ang pananggalang nila. Kaya, sinuman ang naglalantad sa masasamang tao o nagmumungkahi na alisin ang mga ito, hindi sila sumasang-ayon, sinasabi nila, “Kaya pa rin naman nilang gawin ang mga tungkulin nila, kaya pa rin nilang maghandog ng pera; kahit papaano ay kaya pa rin nilang magtrabaho!” Humahanap sila ng mga dahilan at palusot para ipagtanggol ang masasamang tao, at, karaniwan, hindi nakikita ng mga taong walang pagkilatis ang mga mapaminsalang intensyong natatago sa loob ng mga ito—hindi nila kayang kilatisin ito.

May iba pa bang pagkakataon kung saan may iniwang malalim na marka sa inyo ang mga tusong kilos ng isang anticristo? Magbahagi ang isa sa inyo. (May isang kapatid na superbisor ng pangkat ng mga taga-ebanghelyo, at buwan-buwan nakapagkakamit siya ng ilang tao, at ang ilan sa mga ito ay walang pananampalataya. Binigyang-kahulugan ng anticristo ang pagsasaayos ng gawain nang wala sa konteksto, sinasabi

na ang dapat na pangunahing target ng pangangaral ng ebanghelyo ay ang mga tao sa denominasyon, na pangalawa lamang ang mga walang pananampalataya, at na kung ang pangunahing pagtutuunan ay ang mga walang pananampalataya, ito ay isang seryosong paglabag sa pagsasaayos ng gawain. Ginamit niya pa ang mga salita ng Diyos mula sa “Isang Babala sa mga Hindi Nagsasagawa ng Katotohanan” para himayin ang pag-uugaling ito. Pagkatapos, pinaboto niya ang lahat ng tao, nagtatanong, “Puwede pa bang maging superbisor ang ganitong tao?” Noong panahong iyon, marami sa iglesia ang mga bagong mananampalataya na isa o dalawang taon pa lang nananalig at hindi pa nakakakilatis, kaya pakiramdam nila ay seryoso ang paglabag sa pagsasaayos ng gawain at nagkasundo silang tanggalin ang kapatid. Naging napakanegatibo ng kapatid noong panahong iyon; pagkatapos siyang himayin at kondenahin ng anticristong ito, nadama niyang siya mismo ay isang anticristo, na tiyak na ititiwalag siya ng Diyos, at naging lubhang negatibo siya, hindi na niya gustong mabuhay pa. Dagdag pa rito, ipinagkait din ng anticristong ito ang ilang sermon at pagbabahagi mula sa ang Itaas, hindi kami hinahayaang makinig. Sinabi niyang napakalupit ng pagbabahagi mula sa ang Itaas at kami, bilang mga bagong mananampalatayang mababa ang tayog, ay magkakaroon ng mga kuru-kuro pagkatapos makinig. Sa panlabas, mukhang pinangangalagaan niya kami, pero sa katunayan, natatakot siya na kapag nakinig kami sa mga sermon mula sa ang Itaas, makikilatis namin siya, at hindi na niya kami makokontrol. Ginamit niya ang mga tila makatwirang pamamaraan na ito para pahirapan at linlangin ang mga tao, pinapalabas na ang ginawa niya ay lohikal at naaayon sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos.) Ang insidenteng ito ay tiyak na mailalarawan na tuso. Palaging pareho ang patuloy na pagsasagawa ng sinumang anticristo, hindi nagkakaiba ni katiting, pare-pareho ang intensyon at pare-pareho ang pakay sa anumang ginagawa nila. Hindi ba’t pinatutunayan nito na ang mga anticristo ay mga demonyo at masasamang espiritu talaga? (Oo.) Talagang-talaga. Ang paglalarawan sa mga kilos ng mga anticristo—ng mga demonyo at masasamang espiritung ito—bilang tuso ay talagang akma at talagang hindi pagmamalabis.

Pagkatapos ng mga halimbawang ito, dapat may nakamit na kayong kaunting kabitiran; nagsimula na ba kayong magkaroon ng kaunting pagkakilatis sa mga tuso na kilos ng mga anticristo? Ang anumang kinasasangkutan ng tusong pag-uugali, na may mga nakatagong intensyon at motibo, ay hindi kilos ng isang normal na tao, hindi kilos ng isang matapat na tao, at lalong hindi kilos ng isang taong naghahangad sa katotohanan. Ang mga bagay bang ginagawa nila ay pagsasagawa sa katotohanan? Itinataguyod ba nila ang mga interes ng sambahayan ng Diyos? (Hindi.) Kung gayon, ano ang ginagawa nila? Ginagambala at sinisira nila ang gawain ng iglesia, gumagawa sila ng masama; hindi nila sinusunod ang landas ng Diyos, ni itinataguyod ang gawain ng sambahayan ng Diyos. Hindi gawain ng iglesia ang ginagawa nila; nagpapanggap lang sila na gumagawa ng gawain ng iglesia para mapagsikapan nila ang sarili nilang mga hinahangad, sa diwa ay pinangangalagaan ang personal nilang mga interes at

iyong mga kay Satanas. May iba pa bang halimbawa? (Noong 2015, naglabas ng pagsasaayos ng gawain mula sa ang Itaas, sinasabihan kaming gamitin ang artikulo mula sa “ang Nagising” para pagbahaginan ang tungkol sa pagkilatis sa mga huwad na lider at pagtukoy sa mga tunay at huwad na iglesia. May isang lider sa iglesia na kakatanggal pa lang, na nagsabi na bago pa lang kami sa pananampalataya sa Diyos at mababa ang tayog namin, at masyadong mababaw ang pagkaarok namin sa pagsasaayos ng gawain ng ang Itaas—hindi maaarok ang mga kilos ng Diyos, at inilabas ng ang Itaas ang pagsasaayos na ito nang may mas malalim na kahulugan. Sinabi rin niya, “Tungkol naman sa mga katotohanan ng pagkilatis sa mga huwad na lider at mga anticristo, dati nang nagbigay ang ang itaas ng maraming pagbabahagi at ipinaliwanag ito nang napakalinaw. Kung ito ay tungkol lang sa pagkilatis sa mga huwad na lider at anticristo, kailangan pa bang maglabas ng isa pang pagsasaayos ng gawain?” Pagkatapos, kinuha niya nang wala sa konteksto ang ilang bahagi mula sa mga nakaraang pagsasaayos ng gawain, sermon, at pagbabahagi mula sa ang Itaas, pinagsama-sama ang sampu-sampung libong salita ng materyal para ilihis ang mga kapatid, at sa halip ay inakay kaming kilatisin ang “ang Nagising.” Sa panahong iyon, nailihis kami at hindi nakatuon sa pagkilatis sa mga huwad na lider at anticristo. Sa kalaunan, nabunyag na ang taong ito ay isang anticristo. Natakot siya na kung magsisimulang kumilatis ang lahat ng tao ng mga huwad na lider at anticristo, malalantad nila ang masasama niyang gawa at makikilatis nila siya, kaya sa halip ay sinadya niya kaming ilihis na kilatisin ang “ang Nagising.”) Ito ay mabilis na galaw ng kamay, isang taktika ng panlilito, isang panlilihis para maibaling ang atensiyon ninyo para walang pumansin sa kanya. Hindi ba’t pamilyar ang pamamaraang ito? Kapag may kinakaharap na krisis ang malaking pulang dragon, gaya ng panloob na kaguluhan sa sistemang politikal nito o ng pagpapalano ng publiko ng mga pag-aaklas o paghihimagsik, ginagamit nito ang parehong taktikang ito—ang paglilihis ng atensiyon. Madalas nitong ginagamit ang pamamaraang ito. Tuwing may dumarating na krisis, nag-uudyok ito ng takot tungkol sa giyera, pinapalakas ang pagkamakabayan, at pagkatapos ay walang tigil na nagpapalabas ng mga pelikulang tungkol sa giyerang dulot ng pakikipaglaban at pagkamakabayan, o nagpapakalat ng mga pekeng balita para pukawin ang sentimyento ng mga nasyonalista para ilihis ang atensiyon. Ginagawa ng malaking pulang dragon ang mga ito nang may natatagong motibo, nagkikimkim ng mga lihim na pakay—ito ay tinatawag na tusong pag-uugali. Sino ba ang ninuno ng mga anticristo? Ito ay ang malaking pulang dragon, ang diyablo. Parehong-pareho ang kalikasan ng mga kilos nila, na para bang magkasabwat sila. Saan nanggaling ang mga pakana at pamamaraan ng mga anticristo? Tinuruan sila ng ninuno nila, ng diyablong si Satanas. Nananahan si Satanas sa kalooban nila, kaya ang pagkilos nila sa tusong pamamaraan ay normal lang para sa kanila; ibinubunyag nito nang buong-buo na mayroon sila ng kalikasan ng isang anticristo.

(Diyos, gusto kong magbahagi ng isang halimbawa. Ang kasong ito ng isang anticristo ay nangyari sa pastoral na lugar ng Jijin. Tagsibol noon ng taong 2012. Ang isang

anticristong nagngangalang An ay nagpakalat ng maraming panlilinlang sa iba't ibang iglesia at sumulat pa nga siya ng maliit na aklat na may titulong “Ang Pinakapinahahalagahan ng Diyos Bago Lisanin ang Mundo,” na pribado niyang ipinamahagi sa lahat ng iglesia. Ipinahayag niya na ang pinakapinahahalagahan ng Diyos bago lumisan ay kung makikinig ba ang mga taong hinirang ng Diyos sa taong ginamit ng Banal na Espiritu pagkatapos Niyang lumisan, kaya dapat naming maunawaan ang mga layunin ng Diyos; at na ngayon, sapat na ang pagbabasa lang ng mga sermon, pagbabahaginan, at pagsasaayos ng gawain ng taong ginamit ng Banal na Espiritu, pinapalitan ang pangangailangang kainin at inumin ang mga salita ng Diyos. Bilang resulta, maraming kapatid ang nailigaw; tumigil silang kumain at uminom ng mga salita ng Diyos, na siyang mismong layon na gustong makamit ng anticristo. Nariyan ang pagiging mapaminsala ng anticristo kung saan, sa ilalim ng pagbabalatkayo niya na nagpapatotoo siya sa taong ginamit ng Banal na Espiritu, inilayo niya ang mga tao mula sa mga salita ng Diyos, tinalikuran ang pagkain at pag-inom ng salita ng Diyos, habang ipinaparamdam din sa mga tao na nauunawaan niya nang lubusan ang puso ng Diyos. Inisip niya kung ano ang pinahahalagahan ng Diyos bago lumisan, kaya mataas ang tingin ng mga tao sa kanya at sinamba nila siya.) Bakit niya itinaas ang taong ginamit ng Banal na Espiritu? Tao ang taong ginamit ng Banal na Espiritu, at gayon din siya. Sa pagtataas niya sa taong ginamit ng Banal na Espiritu, sa totoo lang ay pinapasamba at pinapataas niya ang sarili niya sa mga tao; iyon ang layon niya. Hindi natin puwedeng husgahan lang kung tama ba o mali ang sinabi niya; kailangan nating tingnan ang mga kahihinatnan at layuning nakamit ng mga salita niya; iyon ang susi. Kaya, ang balak niya sa pagtataas ng taong ginamit ng Banal na Espiritu ay talagang para pataasin ang sarili niya; iyon ang pakay niya. Alam niya na ang pagtataas sa taong ginamit ng Banal na Espiritu ay tiyak na hindi tututulan ninuman, at sasang-ayunan siya ng mga tao at itataas siya. Pero kung direkta niyang itataas at patototohanan ang sarili niya, puwede siyang ilantad, kilatisin, at itaboy ng mga tao. Samakatwid, ginamit ng anticristo ang taktika ng pagtataas sa taong ginamit ng Banal na Espiritu para makamit ang pagtataas sa sarili at pagpapatotoo sa sarili; ito ang pagiging mapaminsala ng anticristo. Talagang tuso ang mga ikinilos ng anticristong si An, madaling nailigaw ng mga ito ang mga tao—ito ay karaniwang insidente ng anticristo. Dapat na ang mga hinirang na tao ng Diyos ay matutong kumilatis sa kasong ito ng anticristo, maunawaan ang mga tusong aspekto ng mga anticristo, gayundin ang mga karaniwang metodo at pamamaraang ginagamit ng mga ito para makamit ang kahihinatnan na pagliligaw sa mga tao. Ang pagkaunawa sa mga ito ay labis na kapaki-pakinabang para makilatis ng mga tao ang mga anticristo. Sino pa ang may halimbawang ibabahagi?

(Diyos, mayroon din akong kaso ng anticristo na ibabahagi. Nangyari ang insidenteng ito sa pastoral na lugar ng Henan. Mga taong 2011, ang anticristong si Yu, na isang huwad na lider na tinanggal, ay itinalaga ng iglesia na mamahala sa gawain ng pag-aalis dahil may ilang kaloob at karanasan siya sa gawain. Sa panahong iyon, inilabas ang

pagsasaayos ng gawain mula sa ang Itaas para tuluyang ilantad at tanggalin ang mga huwad na lider at anticristo. Nakita ito ni Yu, na mahilig sa katayuan, bilang isang oportunidad para makabalik. Sa pagpapanggap niyang nagpapatupad siya ng pagsasaayos ng gawain, patuloy siyang nakipagbahaginan sa mga kapatid para masundan ang daloy ng gawain ng Banal na Espiritu at makapagtuon sa pagkilatis sa mga huwad na lider at anticristo. Gayumpaman, hindi siya nagbahagi ng mga prinsipyo ng pagkilatis sa mga ito at sa halip ay ibinaling niya ang atensiyon namin sa mga lider at manggagawa. Sa bawat pagtitipon, hihilingin niya sa mga kapatid na magsalita tungkol sa paggampan ng mga lider at manggagawa. Pagkatapos naming magsalita, susunggaban niya ang ilang paglihis sa gawain nila at ang mga tiwaling disposisyong ibinubunyag nila, palalalain niya ang kalikasan ng mga isyung ito, direkta niya silang tatawagin na mga huwad na lider, at tatanggalin sila. Pagkatapos, patuloy siyang magpapatotoo sa mga kapatid tungkol sa pagtanggap niya sa mga huwad na lider at manggagawang ito, na nagpaparamdam sa kanila na marunong siyang kumilatis at may kapabilidad sa gawain. Ang totoo, pakay niyang gamitin ang pagtanggap sa mga lider at manggagawang ito bilang oportunidad na makabalik at magpatuloy bilang lider. Dahil iniligaw sila ni Yu, pagkatapos nilang makita ang katiwaliang ibinunyag ng mga lider at manggagawa at ang mga paglihis sa gawain nila, nagsimulang mag-isip ang mga kapatid kung huwad na lider ba ang mga ito, at kinuwestiyon pa nga nila ang mga lider ng iglesia sa lahat ng antas, bigong normal na makipagtulungan sa gawain ng mga lider at manggagawa. Maraming lider at manggagawa na mababa ang tayog ang labis ding napigilan, nabubuhay sa kalagayan ng pagkanegatibo at pag-iingat, hindi normal na magampanan ang mga tungkulin nila, na nagdulot ng kaguluhan sa iglesia. Sa panahong iyon, maraming tao ang sumamba sa anticristong ito, at mga isang dosenang iglesia ang nailigaw at nakontrol ng anticristong ito. Kahit pagkatapos maibunyag ang anticristong ito, may ilang tao pa rin na hindi makakilatis sa kanya, naniniwalang itinataguyod niya ang gawain ng iglesia, at may ilan pang ipinaglaban siya.) Anong nangyari kalaunan sa mga kapatid na nailigaw? (Sa pamamagitan ng pagbabahaginan at pagtulong, nagkaroon ang ilan ng pagkakilatis sa mga anticristo at nailigtas sila, habang ang ilan ay nanatili pa ring matigas at determinadong sundin ang anticristo gaano man makipagbahaginan ang iba sa kanila, at kalaunan ay itiniwalag ang mga taong ito.) Nakikilatis na ba ngayon ng karamihan ng tao ang anticristong ito? (May kaunting pagkakilatis na nga sila ngayon.) Ang mga nananatiling matigas ang ulo at hindi nagbabago ay karapat-dapat mamatay; ito ang kalalabasan ng pagsunod sa isang anticristo.

Katatapos lang nating magbahaginan tungkol sa iba't ibang pagpapamalas ng mga tusong kilos ng mga anticristo. Ngayon, gumawa tayo ng pagbubuod: Ano ang diwa at disposisyong ipinapahayag ng ganitong pag-uugali ng mga anticristo? (Kabuktutan.) Ito ay disposisyong pangunahing inilalarawan ng kabuktutan. Kung gayon, puwede ba nating sabihin na ang mga taong may buktot na disposisyon ay karaniwang kumikilos sa tusong paraan, at ang mga kumikilos sa tusong paraan ay may napakabuktot na disposisyon? (Oo.) Lohikal na pangangatwiran ba ito? Kahit na medyo mukhang

pangangatwiran ito sa panlabas, sa katunayan, ganito talaga ang mga bagay-bagay—ang mga taong may buktot na disposisyon ay madalas kumikilos sa mga pamamaraang tuso. Ang kalikasang diwa ng tusong pagkilos ng mga anticristo ay nanggaling kay Satanas; sadyang malinaw na katulad sila ng mga diyablo at ni Satanas. Sa pagsubaybay sa pagkilos ng mga anticristo, mauunawaan mo kung paano kumikilos ang mga diyablo at si Satanas. Ang mga totoong diyablo at si Satanas at ang malaking pulang dragon, ay kumikilos nang mas masahol pa rito. Maging ang isang simpleng anticristo ay maaaring kumilos nang napakatuso, gamit ang mga tusong taktika, nagsasalita nang walang iniwang butas, ginagawang imposible para kaninuman na makahanap ng kapintasan o mahuli siya. Lalo pa ang matatandang diyablo at si Satanas! Kung titingnan mula sa perspektiba ng tusong pag-uugali ng mga anticristo, ang mga ordinaryong taong walang katayuan, na madalang makipag-usap o magtapat sa iba, na kumikilos nang hindi hayagan at ayaw ipaalam sa iba kung ano ang iniisip nila o ang pinag-iisipan nilang gawin sa kaloob-looban nila at ang mga intensyon nila sa pagkilos, na malalim na itinatago at mahigpit na binabalutan ang kanilang mga sarili—hindi ba’t magkakaroon din ng bahid ng pagiging tuso ang kanilang pananalita at pagkilos? Kung hindi inilalarawan bilang mga anticristo ang ganitong mga tao, tiyak na tinatahak nila ang landas ng anticristo. Ito ay tiyak. Ang mga tumatahak sa landas ng isang anticristo, kung hindi nila tatanggapin ang pagkakapungos, o pakikinging ang mungkahi ng iba, at lalo na kung hindi nila tatanggapin ang katotohanan, sa sandaling magkamit sila ng katayuan, ay tiyak na magiging anticristo sila; sa malao’t madali ay mangyayari ito. Kung may ganitong buktot na disposisyon ang ilang tao at minsan na nilang tinahak ang landas ng isang anticristo, nagpapakita ng ilang pagkakapareho sa isang anticristo, pero pagkatapos tumanggap ng pagkakapungos ay nagsisisi sila, tumatanggap sa katotohanan, tumatalikod sa dating landas, at lubusang nagbabago at nagsasagawa ng katotohanan, ano ang magiging resulta? Ang ganitong pagbabago ay lalong maglalayo sa kanila mula sa landas ng isang anticristo, kaya mas madali para sa kanilang pumasok sa tamang landas ng pananampalataya sa Diyos, at pagkatapos ay magkakaroon sila ng pag-asang maligtas. Diyan nagtatapos ang pagbabahaginan tungkol sa mga pagpapamalas ng kung paano kumikilos sa tusong paraan ang mga anticristo; ang susunod na pagpapamalas na pagbabahaginan ay tungkol sa kung paanong sila ay arbitrario at diktatoryal.

II. Isang Paghihimay sa mga Arbitrario at Diktatoryal na Pag-uugali ng mga Anticristo, at Kung Paano Nila Pinipilit ang mga Tao na Sundin Sila

Kumikilos ang mga anticristo sa paraang arbitrario at diktatoryal, hindi kailanman nakikipagbahaginan o nakikipagtalakayan sa iba, ginagawa ang anumang nais nila, at pinupuwersa ang iba na sundin sila. Puwedeng sabihin na anuman ang ginagawa ng mga anticristo, anumang pagsasaayos o desisyon ang ginagawa nila, hindi sila nakikipagbahaginan sa iba, hindi sila nakikipagkasundo, hindi nila hinahanap ang katotohanan para lutasin ang mga problema, at hindi nila hinahanap ang mga prinsipyo

na dapat gamitin sa paggawa ng kanilang mga tungkulin. Dagdag pa rito, hindi nila hinahayaan ang mga tao na maunawaan kung bakit nila ginagawa ang mga bagay sa isang partikular na paraan, kaya nalilito at naoobliga ang mga tao na makinig sa kanila. Kung may isang tao na hindi nakakaunawa at na nagtatanong sa kanila tungkol dito, ayaw ng anticristo na makipagbahaginan o magpaliwanag. Ano ang sitwasyong gustong panatilihin ng anticristo sa usaping ito? Walang sinuman ang puwedeng makaalam ng mga detalye; walang sinuman ang may karapatang makatanggap ng impormasyon. Ginagawa nila kung ano ang gusto nila, at ang iniisip nilang tama ang dapat na lubusang ipatupad. Walang karapatan ang iba na magtanong, lalo nang hindi kalipikado ang mga ito na makipagtulungan sa kanila; ang papel lang ng mga ito ay ang sumunod at magpasakop. Ano ang tingin dito ng anticristo? “Dahil pinili ninyo ako bilang lider, kayo ay nasa ilalim ng pamamahala ko at dapat kayong makinig sa akin. Kung ayaw ninyong makinig sa akin, dapat ay hindi ninyo ako pinili. Kung pipiliin ninyo ako, dapat makinig kayo sa akin. Ako ang may huling salita sa lahat ng bagay!” Sa mga mata niya, ano ang ugnayan sa pagitan niya at ng mga kapatid? Siya ang nag-uutos. Hindi puwedeng suriin ng mga kapatid kung ano ang tama at mali, hindi sila puwedeng magtanong, at hindi sila pinapayagang mag-akusa, kumilatis, mag-usisa, o magduda sa kanya; ipinagbabawal ang lahat ng ito. Kailangan lang ng anticristo na magmungkahi ng mga plano, pahayag, at pamamaraan, at dapat pumalakpak ang lahat ng tao at sumang-ayon nang hindi nagtatanong. Hindi ba’t medyo mapilit ito? Anong uri ng taktika ito? Ito ay arbitrario at diktatorial. Anong uri ng disposisyon ito? (Malupit.) Sa panlabas, ang “arbitrario” ay tumutukoy sa paggawa ng mga desisyon nang mag-isa, nang may huling salita; at ang ibig sabihin ng “diktatorial” ay pagkatapos maghusga o magdesisyon nang mag-isa, dapat ipatupad ito ng lahat ng tao nang walang karapatang magkaroon ng mga naiibang opinyon o pahayag, o kahit magtanong. Ang ibig sabihin ng pagiging arbitrario at diktatorial ay kapag humaharap sa isang sitwasyon, pinag-iisipan at isinasaalang-alang nila mismo ito bago sila magpasya kung ano ang gagawin. Nagsasarili silang nagpapasya nang hindi nakikita ng iba tungkol sa kung paano dapat gawin ang mga bagay-bagay, nang walang mungkahi ng sinuman; maging ang mga katrabaho, mga katuwang o mga nakatataas na lider ay hindi puwedeng makialam—ito ang ibig sabihin ng pagiging arbitrario at diktatorial. Anumang sitwasyon ang harapin nila, ang mga kumikilos nang ganito ay palaging nagpapatuloy sa pamamagitan ng pagmumuni-muni sa mga bagay-bagay at pagpiga ng kanilang utak, nang hindi kailanman nakikipagtalakayan sa iba. Iniisip nila ang ganito at ganyan sa mga utak nila, pero walang nakakaalam kung ano ba talaga ang iniisip nila. Bakit walang nakakaalam? Dahil hindi nila sinasabi. Puwedeng isipin ng ilang tao na ito ay dahil lang sa hindi sila madaldal, pero iyon ba talaga ang kaso? Wala itong kinalaman sa personalidad; ito ay intensyonal na pagpapasya na hindi malaman ng iba. Gusto nilang gawin ang mga bagay-bagay nang sila lang, may mga sarili silang kalkulasyon. Ano ang kinakalkula nila? Umiikot ang mga kalkulasyon nila sa mga sarili nilang interes, katayuan, kasikatan, pakinabang, at katanyagan. Pinag-iisipan

nila kung paano sila makakakilos para sa sarili nilang kapakanan, kung paano nila mapoprotektahan mula sa kapahamakan ang katayuan at reputasyon nila, kung paano sila makakakilos nang hindi sila nakikilatis ng iba, at ang napakahalaga, kung paano nila maitatago mula sa ang Itaas ang mga kilos nila, umaasa na sa kalaunan ay makakatanggap sila ng pakinabang nang walang ibinubunyag na anumang kapintasan kaninuman. Iniisip nila, “Kung magkakaroon ako ng panandaliang pagkakamali at may masasabi akong mali, makikilatis ako ng lahat. Kung may isang taong magsasalita nang hindi nararapat at isusumbong ako sa ang itaas, puwede akong tanggalin ng ang itaas, at mawawala sa akin ang katayuan ko. Bukod dito, kung palagi akong makikipagbahaginan sa iba, hindi ba’t magiging maliwanag sa lahat ang mga limitado kong abilidad? Bababa kaya ang tingin ng iba sa akin?” Ngayon, sabihin ninyo sa Akin, kapag talagang nakilatis sila, magiging mabuti ba iyon o masama? Sa totoo lang, para sa mga taong naghahangad sa katotohanan, para sa mga taong matapat, hindi gaanong mahalaga ang makilatis at medyo mapahiya o masiraan ng reputasyon. Parang hindi sila gaanong nag-aalala tungkol sa mga bagay na ito; parang hindi nila gaanong namamalayan ang mga ito at hindi nila masyadong binibigyan ng halaga ang mga ito. Pero ang mga anticristo ay ang eksaktong kabaligtaran; hindi nila hinahangad ang katotohanan, at itinuturing nila ang katayuan nila at ang pagtingin at saloobin ng iba tungkol sa kanila bilang mas mahalaga pa kaysa sa buhay mismo. Napakahirap hingin sa kanila na sabihin ang naiisip nila o ang katotohanan; baka hindi maging sapat kahit ang pag-alok ng maraming pakinabang. Kung hihingin sa kanilang ibunyag ang kanilang mga sekreto o mga pribadong bagay, lalo nang mas mahirap iyon—baka nga hindi nila ito gawin kahit pa buhay nila ang maging kapalit. Anong uri ng kalikasan ito? Matatanggap ba ng ganitong tao ang katotohanan? Maliligtas ba siya? Talagang hindi. Kung tutuusin, “Hindi mababago ng isang leopardo ang mga batik nito.”

Binibigyan ng espesyal na importansiya ng mga anticristo ang kanilang pagpapahalaga sa sarili, katayuan, reputasyon, at ang anumang makakapagpanatili ng kapangyarihan nila. Nakikipagbahaginan ka sa kanila, sinasabing, “Sa paggawa ng gawain ng iglesia, ito man ay mga usaping panlabas o panloob na pamamahala, pagbabago ng mga tauhan, o alinmang iba pa, dapat kang makikipagbahaginan sa mga kapatid. Ang unang hakbang para matutong makipagtulungan sa iba ay ang matutong makikipagbahaginan. Ang pakikipagbahaginan ay hindi walang-saysay na usapan o pagpapahayag lang ng sarili mong pagiging negatibo o paghihimagsik laban sa Diyos. Hindi mo dapat ibulalas ang negatibo o mga mapaghimagsik mong kalagayan para impluwensiyahan ang iba. Ang pangunahing punto ay ang magbahagi tungkol sa kung paano makakahanap ng mga prinsipyo sa mga salita ng Diyos at mauunawaan ang katotohanan.” Gayumpaman, paano ka man magbahagi ng katotohanan, hindi sila nito matitinag at hindi nito mapapabago sa kanila ang kanilang mga prinsipyo at direksyon sa pagkilos at pag-asal. Anong uri ng disposisyon ito? Sa banayad na pananalita, ito ay pagiging matigas ng kalooban; sa marahas na pananalita, ito ay kalupitan. Sa katunayan, akma na tawagin

itong malupit. Isipin ninyo ang isang lobo na may kagat na tupa, na tuwang-tuwa sa huli nito; kung makikipagtawaran ka rito, sasabihing, “Bibigyan na lang kita ng kuneho, at pakakawalan mo ang tupa, ayos ba?” hindi ito papayag. Sasabihin mo, “Bibigyan kita ng baka, puwede ba iyon?” Hinding-hindi ito papayag. Kakainin muna nito ang tupa, at isusunod nito ang baka. Hindi ito makokontento sa isa lang; gusto nito pareho. Anong uri ng disposisyon ito? (Gahamang walang kasiyahan at lubhang malupit.) Napakalupit talaga nito! Gaya nito, pagdating sa lubhang malupit na disposisyon ng mga anticristo, hindi epektibo ang pagbabahagi ng katotohanan, pagpupungos, o pagpapayo sa kanila. Wala sa mga ito ang makakapagbago ng napakalalim nilang paghahangad ng katayuan o ng pagnanais nilang kontrolin ang iba, maliban na lang kung aakitin mo sila gamit ang mas mataas na katayuan o mas maraming pakinabang. Kung hindi, ang nasa bibig na nilang huli ay hinding-hindi nila pakakawalan. Ano ang ibig sabihin ng ganap na pagtanging ito na bumitaw? Ibig sabihin nito na sa sandaling may partikular na silang katayuan, gagamitin nila ang pagkakataong ito para puspusang gumanap at ipakita ang mga sarili nila. Ipakita ang ano? Ang iba’t iba nilang talento at kaloob, ang kanilang pinagmulan, pinag-aralan, halaga, at ang katayuan nila sa lipunan, ipinagyayabang at ipinangangalandakan kung gaano sila kagaling at kahusay, kung paanong kaya nilang paglaruan at manipulahin ang mga tao, kung paanong kaya nilang kontrolin ang mga tao. Pagkarinig dito ng mga taong walang katotohanan o pagkilatis, nadarama nilang napakagaling ng ganitong mga anticristo; bumababa ang tingin nila mismo sa sarili nila, at kusang-loob silang nagpapasakop sa kontrol ng anticristo.

Ang ilang anticristo ay napakatuso at napakalalim magpakana. Kinakapitan nila ang isang kataas-taasang satanikong pilosopiya, na maging madalang magsalita sa anumang sitwasyon at huwag agad magpahayag ng paninindigan nila sa anumang sitwasyong kinakaharap nila, magsalita lang kapag talagang napilitang gawin ito. Buong ingat lang nilang inoobserbahan ang kilos ng lahat ng tao, na tila ba ang layon nila ay ang lubusang maunawaan at makita nang malinaw ang mga tao sa paligid nila bago sila magsalita o kumilos. Tinutukoy muna nila kung sino ang puwede nilang maging target at katulong, at kanino sila kailangang mag-ingat bilang kanilang “kalabang politikal.” Minsan ay hindi sila nagsasalita o naninindigan, nananatili silang tahimik, pero sa loob nila ay nag-iisip at nagkakalkula sila; ang mga indibidwal na ito ay tuso sa puso nila at madalang magsalita. Masasabi ba ninyong ang ganitong tao ay medyo masamang-loob? Kung hindi sila madalas magsalita, paano mo sila makikilatis? Madali ba silang makilatis? Napakahirap nito. Ang puso ng ganitong mga tao ay ganap na puno ng satanikong pilosopiya. Hindi ba’t ito ay tuso? Naniniwala ang mga anticristo na kung masyado silang magsasalita, palaging magpapahayag ng mga paniniwala nila at makikipagbahaginan sa iba, makikilatis sila ng lahat ng tao; iisipin ng mga tao na walang kalaliman ang anticristo, na isang ordinaryong tao lang ito, at hindi nila siya igagalang. Ano ang ibig sabihin ng pagkawala ng paggalang sa anticristo? Ibig sabihin nito ay ang pagkawala ng kanilang iginagalang na katayuan sa puso ng iba, pagmumukhang

pangkaraniwan, ignorante, at ordinaryo. Ito ang hindi nais makita ng mga anticristo. Samakatwid, kapag nakikita nila ang ibang tao sa iglesia na palaging nagtatapat at umaamin ng kanilang pagiging negatibo, paghihimagsik laban sa Diyos, mga pagkakamaling ginawa nila kahapon, o ng di-matiis na sakit na nadarama nila sa hindi pagiging matapat ngayon, itinuturing ng anticristo ang mga taong ito na hangal at walang muwang, dahil hindi nila mismo kailanman inaamin ang ganitong mga bagay, itinatago nila ang mga kaisipan nila. Ang ilang tao ay madalang magsalita dahil sa mahinang kakayahan o simpleng pag-iisip, dahil sa kakulangan sa mga komplikadong kaisipan, pero kapag madalang magsalita ang mga anticristo, hindi ito para sa parehong dahilan; ito ay problema ng disposisyon. Madalang silang magsalita kapag nakikipagtagpo sa iba at hindi sila bastang nagpapahayag ng mga pananaw nila sa mga usapin. Bakit hindi nila ipinapahayag ang mga pananaw nila? Una, tiyak na wala sila ng katotohanan at hindi nila makilatis ang mga bagay-bagay. Kung magsasalita sila, puwede silang magkamali at makilatis; natatakot sila na maging mababa ang pagtingin sa kanila, kaya nagpapanggap sila na tahimik at may malalim na kaunawaan, kaya nagiging mahirap para sa iba na timbangin sila, nagmumukha silang marunong at namumukod-tangi. Sa panlabas na ito, hindi nangangahas ang mga tao na maliitin ang mga anticristo, at dahil nakikita nilang mukhang kalmado at mahinahon ang panlabas ng mga anticristo, mas tumataas ang tingin nila sa mga ito at hindi sila nangangahas na balewalain ang mga ito. Ito ang tuso at buktot na aspekto ng mga anticristo. Hindi nila basta-bastang ipinapahayag ang mga pananaw nila dahil ang karamihan sa mga pananaw nila ay hindi naaayon sa katotohanan, kundi pawang mga kuru-kuro at imahinasyon lang ng mga tao, hindi karapat-dapat na ilantad sa labas. Kaya, nananatili silang tahimik. Sa loob nila, nag-aasam silang makapagkamit ng kaunting liwanag na mailalabas nila para makapagkamit sila ng paghanga, pero dahil wala sila nito, tumatahimik sila at nagtatago tuwing ibinabahagi ang katotohanan, nag-aabang sa dilim gaya ng isang multong naghihintay ng pagkakataon. Kapag nakita nila ang iba na nagsasalita ng liwanag, humahanap sila ng mga paraan para gawin itong kanila, ipinapahayag ito sa ibang paraan para magmayabang. Ganito katuso ang mga anticristo. Anuman ang gawin nila, nagsisikap silang maging katangi-tangi at maging nakatataas, dahil doon lamang sila malulugod. Kung wala silang pagkakataon, hindi muna sila magpapapansin, at sasarilihin muna nila ang kanilang mga pananaw. Ito ang pagiging tuso ng mga anticristo. Halimbawa, kapag inilabas ng sambahayan ng Diyos ang isang sermon, ang ilang tao ay magsasabi na ito ay parang mga salita ng Diyos, at iisipin naman ng iba na ito ay mas tulad ng pagbabahagi mula sa ang Itaas. Sasabihin ng mga medyo simple ang puso kung ano ang nasa isip nila, pero ang mga anticristo, kahit na may opinyon sila tungkol dito, ay itatago iyon. Magmamasid sila at maghahandang sumunod sa pananaw ng nakararami, pero sa katunayan sila mismo ay hindi ito lubos na nauunawaan. Mauunawaan ba ng ganitong mga tuso at mandarayang tao ang katotohanan o magkakaroon ba sila ng tunay na pagkakilatis? Ano ang makikilatis ng isang taong hindi nakakaunawa sa katotohanan? Wala siyang anumang makikilatis. Ang

ilang tao ay hindi tunay na makakilatis sa mga bagay-bagay pero nagpapanggap na malalim; sa totoo lang, wala silang pagkilatis at natatakot silang makikilatis sila ng iba. Ang tamang saloobin sa ganitong sitwasyon ay: “Hindi namin makilatis ang bagay na ito. Dahil hindi namin alam, dapat hindi kami magsalita nang hindi nag-iingat. Ang maling pagsasalita ay puwedeng magkaroon ng negatibong epekto. Maghihintay muna ako at titingnan ko kung ano ang sasabihin ng ang Itaas.” Hindi ba’t iyan ay pagsasalita nang matapat? Ito ay simpleng wika lang, pero bakit hindi ito sinasabi ng mga anticristo? Ayaw nilang makilatis sila, dahil alam nila ang sarili nilang mga limitasyon; pero sa likod nito ay may kasuklam-suklam na intensyon—ang mahangaan. Hindi ba’t ito ang pinakanakasusuklam? Pagkatapos magsalita ng lahat ng tao, matapos makita na sinasabi ng karamihan na ito ay mga salita ng Diyos at may ilang nagsasabing hindi, nadarama rin ng anticristo na ang sermon ay maaaring hindi mga salita ng Diyos, pero hindi niya ito sasabihin nang tahasan. Sasabihin niya, “Hindi ko puwedeng madaliin ang paghusga sa bagay na ito; sasang-ayon ako sa nakararami.” Hindi niya aamining wala siyang kabatiran, sa halip ay gagamitin niya ang pahayag na ito para magpanggap at magtago, habang iniisip na napakarunong niya, na napakagaling ng kanyang mga pamamaraan. Pagkatapos ng dalawang araw, kapag inanunsyo ng sambahayan ng Diyos na ang sermon ay mga salita ng Diyos, agad na sasabihin ng anticristo, “Tingnan mo, ano bang sinabi ko sa iyo? Alam ko nang mga salita iyon ng diyos, pero nag-alala ako sa kahinaan ng ilan sa inyo na hindi nakakilala sa mga iyon, kaya hindi ko iyon masabi. Kung sinabi kong mga salita iyon ng diyos, hindi ba’t kinokondena ko kayo? Malulungkot kayo! Mapapanatag ba ako gayong alam ko kung gaano kayo kahina? Anong uri ako ng lider kung nagkagayon?” Isang eksperto sa pagpapanggap! May mga intensyon at pakay sa likod ng lahat ng sinasabi ng mga anticristo; tuwing ibinubuka nila ang bibig nila, ito ay para magyabang tungkol sa sarili nila, para ipagmayabang ang mga naabot nila, ang nagawa nilang mabubuting gawa dati, at ang mga nakalipas nilang tagumpay. Tuwing nagsasalita sila, tungkol iyon sa mga bagay na ito. Iniidolo sila ng mga taong hindi nakakakilatis sa kanila, habang ang tingin sa kanila ng mga nakakakilatis sa kanila ay lihim na mapanira at mapanlinlang—hindi kailanman aamin ang anticristo sa mga pagkukulang nito. Palihim na kumikilos ang mga anticristo at malabo sila kung magsalita; karamihan sa mga sinasabi nila ay walang kabuluhan, at hindi nila makilatis ang anumang bagay o maunawaan ang anumang katotohanan. Ang mas masahol pa, nagpapanggap sila na nauunawaan nila ang katotohanan kahit na wala silang nauunawaan at gusto nilang makisali sa lahat ng bagay, gusto nilang sila ang magpasya at ang magkaroon ng huling salita sa lahat ng usapin, na iniwan ang mga tao sa paligid nila na walang anumang karapatang makaalam. Anong sitwasyon ang kahihinatnan nito sa huli? Nadarama ng lahat ng taong nakikipagtulungan sa kanila o gumaganap ng tungkulin kasama nila na bagama’t mukha silang tapat at handang magbayad ng halaga sa panlabas, hindi talaga iyon ang kaso. Kahit ang mga naging malapit sa mga anticristo nang ilang taon ay hindi nakikilatis ang iniisip nila o hindi nalalaman kung ano talaga ang

kaya nilang gawin—karamihan ng tao ay hindi nakakakilatis sa kanila. Pawang mga kasinungalingan at walang-kabuluhang salita ang sinasabi nila, mga salitang sinungaling at mapanlinlang. Gusto nilang makilahok sa lahat ng bagay at gumawa ng lahat ng desisyon, pero sa sandaling makapagpasya sila, hindi nila inaako ang anumang responsabilidad para sa mga posibleng resulta, at naghahanap sila ng mga dahilan para mapalusot ang pag-uugaling ito. Pagkatapos magpasya, sa iba nila ipagagawa ang gawain, habang sunod naman nilang pakikialaman ang ibang bagay. Pagdating naman sa kung nasusubaybayan ba ang orihinal na usapin, kung ito ba ay naipatutupad, kung epektibo ba ang pagpapatupad nito, kung may anumang opinyon ba ang karamihan tungkol sa pamamaraang ito, kung nakapipinsala ba ito sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, o kung may pagkilatis ba rito ang mga kapatid, wala silang pakialam, kumikilos sila na para bang hindi nila ito inaalala, na wala itong kinalaman sa kanila—wala sila ni katiting na pakialam. Ano ang nag-iisang bagay na inaalala nila? Inaalala lang nila ang mga bagay kung saan sila makakapagpakitang-gilas at makakakuha ng paghanga mula sa iba; hindi nila kailanman pinalalampas ang pagkakataong gawin iyon. Sa gawain nila, wala silang ginagawa kundi ang mag-utos at magpatupad ng mga regulasyon. Kaya lang nilang makipagtunggalian para sa kapangyarihan at magmanipula ng mga tao, habang nalulugod sa mga sarili nila at nag-iisip na mahusay sila sa kanilang gawain. Ganap silang walang kamalayan sa mga kahihinatnan ng kanilang paraan ng paggawa—na napipinsala nila ang hinirang na mga tao ng Diyos, na nagdudulot sila ng mga pagkagambala at kaguluhan sa gawain ng iglesia. Hinahadlangan nila ang pagsasagawa sa kalooban ng Diyos, at sinusubukan nilang magtatag ng kanilang nagsasariling kaharian.

“Ang pagiging arbitrario at diktatorial, ang hindi kailanman pakikipagbahaginan sa iba, at pagpilit sa iba na sundin sila”—ano ang pangunahing ipinapahiwatig ng diwa ng pag-uugaling ito ng mga anticristo? Ang disposisyon nila ay buktot at malupit, at nagtataglay sila ng napakatinding pagnanais na kontrolin ang iba, na higit pa sa hangganan ng normal na pagkamakatwiran ng tao. Dagdag pa rito, ano ang pagkaunawa o pananaw at saloobin nila sa tungkuling ginagampanan nila? Paano ito naiiba sa mga taong tunay na gumagampan ng tungkulin nila? Ang mga tunay na gumagampan ng tungkulin nila ay naghahanap ng mga prinsipyo para sa ginagawa nila, na isang pangunahing hinihingi. Pero ano ang pagkaunawa ng mga anticristo sa tungkuling ginagampanan nila? Anong disposisyon at diwa ang nabubunyag sa kanilang paggampan ng tungkulin? Isang mataas na posisyon ang kinatatayuan nila at minamaliit nila ang mga nasa ibaba nila. Sa sandaling piliin silang mamuno, nagsisimula silang makita ang mga sarili nila bilang mga indibidwal na may katayuan at pagkakakilanlan. Hindi nila tinatanggap ang tungkulin nila mula sa Diyos. Sa sandaling makamit nila ang isang partikular na posisyon, nararamdaman nila na importante ang katayuan nila, na malaki ang kapangyarihan nila, at kakaiba ang pagkakakilanlan nila, kung kaya’t nagagawa nilang maliitin ang iba mula sa mataas nilang posisyon. Kasabay nito, iniisip nila na makapag-uutos at makakikilos sila ayon sa sarili nilang mga kaisipan, at na ni hindi nila kailangang magkaroon ng anumang

pag-aalinlangan na gawin ito. Iniisip nila na puwede nilang gamitin ang pagkakataon na gumampan ng tungkulin para matugunan nila ang pagnanais nila sa kapangyarihan, para matugunan ang pagnanais at ambisyon nilang mamahala at mamuno sa iba nang may kapangyarihan. Puwedeng sabihin na pakiramdam nila ay sa wakas may pagkakataon na silang hindi hamunin ninuman ang awtoridad nila. Sinasabi ng ilan: “Ang mga pagpapamalas ng mga anticristo ay pagiging arbitraryo at diktatoryal, at hindi kailanman pakikipagbahaginan sa iba. Kahit na may disposisyon at pagpapakita din ng mga anticristo ang aming lider, madalas siyang nakikipagbahaginan sa amin!” Ibig sabihin ba niyan ay hindi siya anticristo? Minsan, kayang magpanggap ng mga anticristo; pagkatapos ng isang beses na pakikipagbahaginan sa lahat ng tao at pag-unawa at pag-arok sa mga kaisipan ng lahat ng tao—pagtukoy sa kung sino ang umaayon sa kanila at sino ang hindi—kinakategorya nila ang mga ito. Sa mga usapin sa hinaharap, makikipag-usap lang sila sa mga nakakasundo at nakakaayon nila. Madalas ay hindi nila ipinapaalam sa mga hindi umaayon sa kanila ang tungkol sa karamihan ng mga bagay, at baka ipagkait pa nga nila sa mga ito ang mga aklat ng mga salita ng Diyos. Kailanman ay kumilos na ba kayo nang ganito, naging arbitraryo at diktatoryal, hindi nakikipagbahaginan sa iba kailanman? Tiyak na nangyayari ang pagiging arbitraryo at diktatoryal, pero hindi nangangahulugan na ito ang kaso ng hindi kailanman pakikipagbahaginan sa iba; paminsan-minsan ay maaari kang makipagbahaginan. Gayumpaman, pagkatapos ng pagbabahaginan, magpapatuloy pa rin ang mga bagay-bagay gaya ng sinabi mo. Iniisip ng ilang tao: “Sa kabila ng ating pagbabahaginan, sa totoo lang ay matagal na akong nakagawa ng plano. Nakipagbahaginan ako sa iyo bilang pormalidad lang, para lang ipaalam sa iyo na may mga prinsipyo ako sa ginagawa ko. Akala mo ba ay hindi ko alam ang sukat mo? Sa huli, kailangan mo pa ring makinig sa akin at sumunod sa paraan ko.” Sa katunayan, matagal na silang nakapagpasya sa mga puso nila. Naniniwala sila na, “Magaling akong magsalita at kaya kong paikutin ang anumang argumento para pumabor sa akin; walang sinumang hihigit sa pagsasalita ko, kaya natural lang na susunod sa akin ang takbo.” Napakaaga nilang ginawa ang mga kalkulasyon nila. May umiiral bang ganitong sitwasyon? Ang pagiging arbitraryo at diktatoryal ay hindi pag-uugali na aksidenteng naibubunyag paminsan-minsan; ito ay kinokontrol ng isang partikular na disposisyon. Maaaring hindi ito mukhang pagiging arbitraryo at diktatoryal sa kanilang paraan ng pananalita o pagkilos, pero mula sa disposisyon nila at kalikasan ng mga kilos nila, talagang arbitraryo at diktatoryal sila. Dumadaan sila sa mga pormalidad at “nakikinig” sa mga opinyon ng iba, pinahihintulutang magsalita ang iba, ipinapaalam sa mga ito ang mga detalye ng sitwasyon, tinatalakay kung ano ang hinihingi ng salita ng Diyos—pero gumagamit sila ng isang partikular na retorika o parirala para gabayan ang iba na magkaroon ng kasunduan sa kanila. At ano ang pinakahuling resulta? Nabubuo ang lahat ng bagay ayon sa plano nila. Ito ang kanilang lihim na mapanirang aspekto; ito rin ay tinatawag na pagpuwersa sa iba na sundin sila, ito ay isang uri ng “banayad” na pamimilit. Iniisip nila, “Hindi ka

nakikinig, tama? Hindi mo nauunawaan, tama? Hayaan mo akong magpaliwanag.” Sa pagpapaliwanag, hinahabi at pinaikot-ikot nila ang mga salita nila, inaakay nila ang iba sa lohika nila. Pagkatapos akayin ang mga tao kung saan-saan, nakikinig ang mga ito at iniisip na, “Tama ang sinasabi mo; magsasagawa kami gaya ng sinasabi mo, hindi na kailangan pang maging masigasig,” at nalulugod ang anticristo. Hindi makilatis ng karamihan sa mga tao ang mga salita nila. May pagkilatis ba kayo? Ano ang dapat ninyong gawin kapag naharap kayo sa ganitong sitwasyon? Halimbawa, kapag naharap ka sa isang bagay, nadarama mong may problema; hindi mo matukoy ang mismong problema sa panahong iyon, pero nadarama mong pinupwersa kang sumunod. Ano ang dapat mong gawin kung gayon? Dapat kang humanap ng mga nauugnay na prinsipyo, humanap ng paggabay mula sa ang Itaas, o makipagbahaginan sa tinutukoy na indibidwal. Dagdag dito, ang mga nakakaunawa sa katotohanan ay puwedeng sama-samang talakayin at pagbahaginan ang usaping ito. Minsan, papahintulutan ka ng gawain at gabay ng Banal na Espiritu na maunawaan ang mga problema sa mga mungkahi o teoryang inilalabas ng mga anticristo o ng mga tumatahak sa landas ng mga anticristo, at ang mga itinatago nilang motibo. Sa pamamagitan ng pakikipagbahaginan sa isa’t isa, puwede kang makaunawa. Pero baka hindi ka nakikipagbahaginan, sa halip ay iniisip mong, “Hindi ito malaking isyu—hayaan mo siyang gawin ang gusto niya. Tatal, hindi naman ako ang pangunahing responsable, hindi ko kailangang mag-abala sa mga bagay na ito. Hindi ako mananagot kung may mangyaring mali; siya ang papasan nito.” Anong uri ng pag-uugali ito? Ito ay pagiging hindi tapat sa iyong tungkulin. Hindi ba’t ang pagiging hindi tapat sa tungkulin ay pagkakanulo sa mga interes ng sambahayan ng Diyos? Ito ay parang si Hudas! Kapag nahaharap sa mapang-aping kapangyarihan, maraming tao ang nauuwi sa pakikipagkompromiso at pakikisama sa mga nagtataglay ng kapangyarihang ito, na isang pagpapamalas ng pagiging hindi tapat sa kanilang tungkulin. Nahaharap ka man sa isang anticristo o sa isang taong walang ingat na kumikilos at pumupwersa sa iyong sumunod sa kanya, ano ang mga prinsipyong dapat mong piliing itaguyod? Anong landas ang dapat mong tahakin? Kung nadarama mong ang ginagawa mo ay hindi tumataliwas o lumilihis sa mga salita ng Diyos at sa mga pagsasaayos ng gawain, dapat kang manindigan. Ang pagkapit sa katotohanan ay tama at sinasang-ayunan ng Diyos, pero ang pagyuko at pakikipagkompromiso kay Satanas, sa mga buktot na puwersa, sa masasamang tao, ay ugali ng pagkakanulo; ito ay masamang gawa, na kinamumuhian at isinusumpa ng Diyos. Kapag nakaharap ng mga anticristo ang isang taong nakikipagtalo sa kanila, madalas nilang sinasabi, “Ako ang may huling salita sa usaping ito, at dapat itong gawin sa paraan ko. Kapag may maling nangyari, ako ang aako ng responsabilidad!” Anong disposisyon ang kinakatawan ng pahayag na ito? Maaari bang magkaroon ng normal na pagkatao ang taong nagsasalita at nagsasagawa nang ganito? Bakit nila pinupwersa ang iba na sundin sila? Bakit hindi nila hinahanap ang katotohanan para lutasin ang mga isyu kapag lumilitaw ang mga ito? Bakit hindi nila matukoy ang mga prinsipyo ng pagsasagawa sa katotohanan? Pinatutunayan nito na

wala sila ng katotohanan. Natutukoy ba ninyo ang problema sa pahayag na ito? Ang pagsasabi ng ganitong mga bagay ay sapat na para patunayan na taglay nila ang disposisyon ng isang anticristo; ito ay pag-uugali ng isang anticristo. Gayumpaman, ang mas tusong anticristo, sa takot na makilatis ng iba, ay dapat magsalita ng ilang bagay na sinasang-ayunan ng lahat at na mukhang tama para makamit nito ang layon nitong ilihis ang mga tao at magkaroon ng mapanghahawakan. Pagkatapos, pag-iisipan nito kung paano kontrolin ang hinirang na mga tao ng Diyos.

Siguradong marami ang pagpapamalas ng mga anticristo ng pagiging arbitrario at diktatorial, dahil ang ganitong uri ng pag-uugali, disposisyon, at kalidad ay makikita sa bawat tiwaling tao, lalo na sa mga anticristo. May naiisip ba kayong ilang halimbawa kung saan naging arbitrario at diktatorial kayo? Halimbawa, kung sasabihin ng isang tao na bagay sa iyo ang maikling buhok, at sasabihin mong, “Ano ang maganda sa maikling buhok? Mas gusto ko ang mahabang buhok, at gagawin ko kung ano ang gusto ko,” arbitrario at diktatorial ba ito? (Hindi.) Iyan ay personal na kagustuhan lang, isang parte ng normal na pagkatao. Gusto ng ilang tao na magsuot ng salamin kahit na hindi naman malabo ang paningin nila sa malayo. Kung may mga taong manghuhusga sa kanila, magsasabi sa kanila na, “Gusto mo lang pumorma, hindi mo naman talaga kailangan ng salamin!” at tutugon sila, “Ano naman kung ganoon nga ako? Susuotin ko pa rin ito!”—arbitrario at diktatorial ba ito? Hindi, personal na kagustuhan ito, at hindi na hihigit pa sa pagiging sutil, at wala itong anumang kaugnayan sa kanilang disposisyon; maaaring tumigil silang magsuot ng salamin pagkatapos ng ilang araw kung gugustuhin nila. Kung gayon, ano ang pangunahing bumubuo sa pagiging arbitrario at diktatorial? Pangunahing may kinalaman dito ang landas na tinatahak ng isang tao, ang disposisyon niya, at ang mga prinsipyo at motibasyon sa likod ng mga kilos niya. Halimbawa, sa pagsasama ng mag-asawa kung saan mahilig ang asawang lalaki sa mga kotse at may 20,000 yuan lang ang pamilya, at humiram ang asawang lalaki ng pera mula sa kung saanman puwede para bumili ng kotseng hindi naman nila kailangan sa halagang 200,000 yuan, kung kaya’t hindi na makakabili ng pagkain ang pamilya, at hindi man lang alam ng asawang babae ang tungkol sa binili, ang asawang lalaki ba ay naging arbitrario at diktatorial? Ito nga ay pagiging arbitrario at diktatorial. Ang ibig sabihin ng pagiging arbitrario at diktatorial ay hindi pagsasaalang-alang sa mga damdamin, kaisipan, opinyon, saloobin, o pananaw ng iba, nang tumutuon lang sa sarili. Sa madaling salita, sa pang-araw-araw na buhay, ang ibig sabihin nito ay pagpapalugod sa mga kasiyahan at pagnanais ng laman, pagpapalugod sa sariling pagkamakasariili, at kapag may kasangkot nang tungkulin, tumutukoy ito sa pagpapalugod sa sariling ambisyon at pagnanais na maghangad ng katayuan at kapangyarihan. Narito ang isang halimbawa: May isang bahay ang iglesia, at kailangang magtayo ng kalye katabi nito. Ang tamang lapad ng kalye ay dapat batay sa sukat ng bahay at bakuran, parehong nilalayon ang kagandahan nito at ang praktikalidad nito. Sa lawak ng espasyo ng bahay at bakurang ito, kailangang hindi bababa sa dalawang metro ang lapad ng kalye. Sinabi ng nangangasiwa: “Nagpasya

na ako, gagawin natin itong isang metro ang lapad.” Sinabi ng iba, “Maraming taong pumapasok at lumalabas dito araw-araw, at minsan may mga dala kaming bagay; hindi puwede ang isang metro, masyadong makipot.” Pero ipinilit ng nangangasiwa ang sarili niyang pananaw, at hindi siya bukas sa talakayan. Pagkatapos ng pagkompleto, nakita ng lahat ng tao na napakakipot ng kalye; hindi ito akma sa bahay at bakuran at hindi praktikal—kailangan itong ulitin, na nauwi sa pag-ulit sa gawain. Pagkatapos ay nagreklamo ang lahat tungkol sa taong ito. Ang totoo, bago magsimula ang paggawa ng kalye, may ilang tao nang tumutol, pero hindi sumang-ayon ang taong ito at ipinilit niya ang sarili niyang pananaw, pinupuwersa ang iba na gawin ang mga bagay-bagay ayon sa mga kagustuhan niya, na nagdulot ng ganitong mga kinahinatnan. Bakit hindi matanggap ng taong ito ang mga mungkahi ng iba? Kapag may mga nagkakaibang opinyon, bakit hindi niya maisaalang-alang ang lahat ng aspekto at mahanap ang tamang pamamaraan? Kung walang sinumang makakausap, ayos lang na gumawa ng sariling desisyon, pero ngayon na may mga taong makakausap at may mas magagandang mungkahi, bakit hindi niya matanggap ang mga ito? Anong uri ng disposisyon ito? May dalawa o higit pang posibilidad: Ang isa ay na hindi nag-iisip ang taong iyon o magulo ang kanyang isip; ang isa pa ay na masyadong mayabang at nagmamagaling ang disposisyon niya, palagi niyang nararamdaman na tama siya, hindi niya kayang tanggapin ang sinasabi ng iba gaano man ito katama—napakayabang nito na nagdudulot ito ng pagkawala ng katwiran. Ibinunyag ng ganito kasimpleng usapin ang disposisyon niya. Ang labis na kayabangan ay nagdudulot ng pagkawala ng pagkamakatwiran. Ano ang ibig sabihin ng pagkawala ng pagkamakatwiran? Anong uri ng bagay ang walang pagkamakatwiran? Walang pagkamakatwiran ang mga hayop. Kung walang pagkamakatwiran ang isang tao, hindi siya naiiba sa isang hayop; walang kapasidad ang isip niya na humusga, at wala itong pagkamakatwiran. Kung naging napakayabang na ng isang tao na nawalan na siya ng katwiran, at wala na siyang pagkamakatwiran, hindi ba’t kapareho lang siya ng mga hayop? (Oo.) Ganoon nga talaga siya; ang ibig sabihin ng kawalan ng pagkamakatwiran ng tao ay hindi siya tao. May taglay bang ganitong pagkamakatwiran ang mga anticristo? (Wala.) Lalo nang wala nito ang mga anticristo; mas masahol pa sila sa mga hayop—mga diyablo sila. Gaya nga nang tanungin ng Diyos si Satanas, “Saan ka nanggaling?” Ang tanong ng Diyos ay talagang napakalinaw; anong mensahe ang ipinarating ng Diyos? (Tinanong Niya si Satanas kung saan ito nanggaling.) Kitang-kita naman na nagtatapos ang pangungusap na ito sa isang tandang pananong; tanong ito, na tumutukoy kay “Satanas” na may paksang “ka”: “Saan ka nanggaling?” Angkop ang gramatika, at madaling unawain ang tanong ng Diyos. Paano tumugon si Satanas? (“Sa pagpaparoo’t parito sa lupa, at sa pagmamanhik-manaog doon” (Job 1:7).) Ito ang kilalang kasabihan ni Satanas. Nagpapakita ba ng anumang pagkamakatwiran ang sagot ni Satanas? (Hindi.) Wala itong pagkamakatwiran. Nang tanungin muli ito ng Diyos kung saan ito nanggaling, inulit lang nito ang parehong sagot, na para bang hindi nito naunawaan ang mga salita ng Diyos. Kaya bang maunawaan ng mga tao ang sinabi ni Satanas? May anumang

pagkamakatwiran ba ang pananalita nito? (Wala.) Wala itong pagkamakatwiran—kung gayon, nakakaunawa ba ito ng katotohanan? Kahit sa ganito kasimpleng tanong mula sa Diyos, tumugon ito nang ganoon; lalo nang hindi nito kayang maunawaan ang mga katotohanang sinasabi ng Diyos. Puwedeng sabihin na wala ring pagkamakatwiran ang mga anticristo; ang lahat ng kumikilos nang tuso, hindi nakakaunawa sa mga salita ng Diyos o sa katotohanan ay hindi makatwiran. Gaano karami man ang sinasabi mo tungkol sa pagsasagawa ng katotohanan, pagkilos nang ayon sa mga prinsipyo, at paghahanap ng mga prinsipyo at pakikipagbahaginan sa iba habang gumagampan ng tungkulin—na sinasabi nilang nauunawaan at nalalaman nila—pagdating sa pagkilos, hindi nila isinasapuso ang mga salita mo at ginagawa lang nila ang gusto nila. Ito ay malademonyong kalikasan! Ang mga may ganitong malademonyong kalikasan ay hindi nakakaunawa sa katotohanan at walang pagkamakatwiran. Ano ang pinakadi-makatwiran at walang-kahihyang aspekto nila? Nilikha ng Diyos ang mga tao, at pinipili ng Diyos ang mga tao at dinadala Niya sila sa harap Niya para sa anong layon? Ito ay para ipasunod at ipaunawa sa mga tao ang mga salita ng Diyos, para ipatahak sa kanila ang tamang landas sa buhay gaya ng idinirekta ng Diyos, at sa huli ay matukoy nila kung alin ang tama at mali, kung alin ang mga positibo at negatibong bagay. Ito ang nilalayon ng Diyos; sa ganitong paraan, ang mga sumusunod sa Diyos ay bumubuti nang bumubuti. At saan aabot ang pagiging di-makatwiran ng mga anticristo? Iniisip nila, “O diyos, dinadala mo ang mga tao sa harapan mo, kaya iyan din ang gagawin ko; puwede kang pumili ng mga tao, at mamatnugot at gumamit ng kataas-taasang kapangyarihan sa kanila, kaya ganyan din ang gagawin ko; napapasakop mo ang mga tao at napapakinig mo sila sa iyo, nakakapagbigay ka ng mga direktang utos at napapasunod mo sila sa sinasabi mo, kaya ganyan din ang gagawin ko.” Hindi ba’t di-makatwiran ito? (Oo.) Hindi ba’t ang ibig sabihin ng pagiging di-makatwiran ay wala silang kahihyan? (Oo.) Sa iyo ba ang mga tao? Dapat ka ba nilang sundin? Bakit sila dapat makinig sa iyo? Isa ka lang sa mga napakaliit na nilikha, bakit ka nangangarap maging higit sa lahat? Hindi ba’t pagiging di-makatwiran ito? (Oo.)

Mapalad ang ilang tao na mapili bilang mga lider sa iglesia, pero ang totoo, hindi umabot sa pamantayan ang mga kakayahan at tayog nila. Ang pagiging lider ay pagtataas ng Diyos, pero hindi ganoon ang tingin nila rito. Sa halip, iniisip nila, “Bilang lider, mas magaling at mas mataas ako sa iba; hindi na ako isang ordinaryong tao lang. Habang kailangan ninyong lahat na yumuko at sumamba nang may pagkamasunurin sa harap ng diyos, hindi ko kailangang gawin iyon, dahil iba ako sa inyong lahat; mga nilikha kayong lahat, pero ako ay hindi.” Kung gayon, ano ka? Hindi ba’t laman at dugo ka rin? Paano ka naiiba sa iba? Ang kaibahan ay nasa kawalan mo ng kahihyan; wala kang pagpapahalaga sa karangalan at pagkamakatwiran, ni hindi ka maikukumpara sa isang aso. Kumikilos ka nang arbitraryo at diktatoryal, wala kang pinapakinggang payo mula sa iba—iyan ang kaibahan. Gaano man kababa ang mga kakayahan nila o kababa ang kahusayan nila sa paggawa ng mga bagay, iniisip pa rin nila na mas magaling sila sa karaniwang tao,

naniniwala sila na may abilidad at talento sila. Kaya, hindi sila nakikipagtalakayan sa iba para magkaroon ng kasunduan anuman ang gawin nila, iniisip nila na kalipikado sila o may ganap silang kapabilidad para kontrolin ang lahat ng bagay. Hindi ba't kayabangan ito na humahantong sa kawalan ng katwiran? Hindi ba't lantarang kawalan ito ng kahihiyan? (Oo.) Bago maging isang lider, kumilos sila nang kimi; naniwala sila na may talento at kapabilidad sila, at may kinikimkim silang ambisyon sa mga kilos nila, pero wala lang sila ng pagkakataon. Noong sandaling naging lider na sila, ibinukod nila ang sarili nila sa mga kapatid, ipinagpalagay nila na mas mataas ang posisyon nila. Nagsimula silang kumilos nang nakakataas, ipinapakita ang tunay nilang kulay; nagsimula silang mag-isip na kaya nilang makagawa ng mga kahanga-hangang bagay, naniniwalang, "Tamang tao ang pinili ng sambahayan ng diyos; talagang may talento ako—sa kalaunan, ang tunay na ginto ay nakatadhanang kuminang. Tingnan ninyo ako ngayon: Kinilala ako ng diyos, hindi ba?" Hindi ba't kasuklam-suklam ito? (Gayon nga.) Isa ka lang sa mga ordinaryong nilikha; gaano man kahusay ang mga kaloob at talento mo, ang tiwaling disposisyon mo ay kapareho lang ng sa iba. Kung iniisip mo na natatanging pambihira ka at iniisip mo na mas mataas ka, gustong umangat sa lahat ng iba, na maging mas mataas sa lahat ng bagay, kung gayon ay nagkakamali ka. Dahil sa maling akala na ito, kumikilos ka nang arbitrario at diktatorial, nang walang pakikipagbahaginan o pakikipagtalakayan sa iba, at ninanais mo pa ngang masiyahan sa pagsunod at pag-ayon ng iba sa iyo, na mali. Nasaan ang pagkakamali? (Sa pagpapalagay ng maling posisyon.) Bakit laging tumatayo sa maling posisyon ang mga anticristo? Isang bagay ang tiyak; na maaaring hindi pa ninyo napagtanto: May isang bagay na nasa pagkatao nila na wala sa iba; lagi silang may isang uri ng maling akala. Paano nagkakaroon ng ganitong maling akala? Hindi ito ibinigay ng Diyos, kundi ni Satanas. Ang lahat ng ginagawa nila, ang lahat ng ibinubunyag at ipinapahayag nila, ay hindi likas na gawi na nasa normal na saklaw ng pagkatao, kundi ito ay pinapatakbo ng isang panlabas na kapangyarihan. Bakit sinasabi na tuso ang mga kilos nila, at na hindi makontrol ang mga ambisyon at pagnanais nila? Lumampas na sa limitasyon ang pagnanais nilang kontrolin ang mga tao. Ano ang ibig sabihin ng paglampas sa limitasyon? Ibig sabihin nito na gagamitin nila ang anumang paraan, hihigitan nila ang pagkamakatwiran at pagkadama ng kahihiyan; hindi ito napipigilan, gaya ng isang spring—bumaba man ito nang panandalian kapag diniinan mo, pero sa sandaling bitiwang mo ito, tatalbog ito pataas. Hindi ba't ganito ang makonsumo ng pagnanais at mahumaling? Hindi talaga ito pagmamalabis.

Saanman may kapangyarihan ang mga anticristo sa isang iglesia, ang iglesiang iyon ay hindi na matatawag na iglesia. Dapat maramdaman ito ng mga nakaranas nito. Hindi ito atmospera ng katahimikan, kagalakan, at sama-samang pag-angat, kundi ng magulong di-pagkakasundo. Partikular na nadarama ng lahat ng tao na hindi sila mapakali at hindi sila komportable, hindi nila madama ang kapayapaan sa puso nila, na para bang may ilang malaking sakunang mangyayari. Ang mga salita at kilos ng mga anticristo ay nagdudulot ng atmospera kung saan nagiging malabo ang puso ng mga

tao, nawawalan sila ng abilidad na makilatis kung alin ang mga positibo at kung alin ang mga negatibong bagay. Dagdag pa rito, lumalayo ang puso ng mga tao sa Diyos dahil matagal silang nalilihis ng mga anticristo, na humahantong sa di-normal na ugnayan sa Diyos, gaya ng mga tao sa relihiyon na sa pangalan ay nananampalataya sa Diyos pero walang lugar para sa Kanya sa mga puso nila. May isa ring tunay na isyu, na kapag may kapangyarihan ang mga anticristo, nagdudulot ito ng pagkakawatak-watak at kaguluhan sa loob ng iglesia. Walang madamang kasiyahan o kalayaan sa mga pagtitipon ang mga nagmamahal sa katotohanan at dahil dito, gusto nilang umalis sa iglesia para manampalataya sa Diyos sa bahay. Kapag kumikilos ang Banal na Espiritu sa isang iglesia, nauunawaan man o hindi ng mga tao ang katotohanan, nagkakaisa ang lahat ng tao sa puso at pagsisikap, na lumilikha ng mas mapayapa at mas panatag na kalagayan, na walang pagkabagabag. Gayumpaman, tuwing kumikilos ang mga anticristo, may dala silang atmosperang di-mapanatag at kakaiba. Humahantong ang pakikialam nila sa pagkakaroon ng mga paksyon, at nagiging dependsibo ang mga tao laban sa isa't isa, nagiging mapanghusga sila sa isa't isa, at inaatake nila ang isa't isa, sinisiraan ang isa't isa kapag nakatalikod sila. Malinaw naman, ano ba ang ginagampanang papel ng mga anticristo? Sila ay mga alipin ni Satanas. Ang mga kahihinatnan ng mga kilos ng mga anticristo ay: Una, panghuhusga, paghihinala, at pag-iingat ng mga kapatid sa isa't isa; pangalawa, ang pagkawala ng mga hangganan sa pagitan ng mga lalaki at babae, na unti-unting humahantong sa di-angkop na pakikipag-ugnayan; at pangatlo, sa puso nila, nagiging malabo para sa mga tao ang mga pangitain, at tumitigil silang tumutok sa pagsasagawa ng katotohanan. Hindi na nila alam kung paano kumilos nang naaayon sa mga katotohanang prinsipyo. Nawawala ang kakaunting pagkaunawa sa mga doktrina na dating mayroon sila, nagiging malabo ang isip nila, at pikit-mata silang sumusunod sa mga anticristo, pinagtutuunan lang nila ang pagpapakaabalang gumawa ng mabababaw na gampanin. Nadarama ng ilang tao na walang patutunguhan ang pagsunod sa mga anticristo; kung puwede sanang ang mga naghahangad lang ng katotohanan ang magtitipon at sama-samang gagawa ng mga tungkulin, ang saya sana niyon! Sa sandaling magkaroon ng kapangyarihan ang mga anticristo sa iglesia, tumitigil ang Banal na Espiritu sa paggawa, at sumasapit ang kadiliman sa mga kapatid. Nagiging malamlam ang pananampalataya sa Diyos at paggawa sa mga tungkulin. Kung magtutuloy-tuloy ito nang matagal, hindi ba't ititiwalag ng Diyos ang karamihan sa mga kapatid?

Ngayon, sa isang banda, hinimay natin ang mga pagpapamalas ng mga arbitraryo at diktatoryal na pag-uugali ng mga anticristo. Sa isa pang banda, sa paghihimay sa mga pagpapamalas na ito, ipinapaalam sa lahat na kahit pa hindi ka anticristo, ang pagkakaroon ng ganitong mga pagpapamalas ay nag-uugnay sa iyo sa katangian ng mga anticristo. Pagpapamalas ba ng normal na pagkatao ang pagkilos sa isang paraang arbitraryo at diktatoryal? Talagang hindi; maliwanag na ito ay pagpapakita ng isang tiwaling disposisyon. Gaano man kataas ang iyong katayuan o gaano man karami ang mga tungkuling kaya mong gampanan, kung matututo kang makipagbahaginan sa iba,

itinataguyod mo ang mga prinsipyo ng katotohanan, na siyang pinakamababang hinihingi. Bakit sinasabi na ang pagkatutong makipagbahaginan sa iba ay katumbas ng pagtataguyod sa mga prinsipyo? Kung natututo kang makipagbahaginan, pinapatunayan nito na hindi mo tinatrato ang iyong katayuan bilang iyong pangkabuhayan o masyadong sineseryoso ito. Gaano man kataas ang katayuan mo, ginagampanan mo ang tungkulin mo. Kumikilos ka alang-alang sa paggampan ng tungkulin mo, hindi para sa katayuan. Kasabay nito, kapag nahaharap ka sa mga problema, kung matututunan mong makipagbahaginan at kaya mong maghanap at makipagbahaginan sa mga ordinaryong kapatid man o sa mga taong nakikipagtulungan sa iyo, ano ang pinapatunayan nito? Ipinapakita nito na may saloobin ka ng paghahanap at pagpapasakop sa katotohanan, na unang sumasalamain sa saloobin mo sa Diyos at sa katotohanan. Higit pa riyan, ang pagganap mo ng iyong tungkulin ay responsabilidad mo, at ang paghahanap mo sa katotohanan sa gawain mo ay ang landas na dapat mong tahakin. Pagdating naman sa kung paano tumutugon ang iba sa mga desisyon mo, kung kaya ba nilang magpasakop o kung paano sila magpasakop, sila na ang bahala roon; pero nasasaiyo na kung maayos mo bang magagampanan ang tungkulin mo at kung magiging pasok ka ba sa pamantayan. Dapat mong maunawaan ang mga prinsipyo ng paggampan ng tungkulin; hindi ito tungkol sa pagpapasakop sa ilang indibidwal kundi pagpapasakop sa mga katotohanang prinsipyo. Kung pakiramdam mo ay nauunawaan mo ang mga katotohanang prinsipyo at, sa pakikipagbahaginan sa iba, may napagkakasunduan kayo na sinasang-ayunan ng lahat bilang naaangkop, pero may ilang ayaw makiisa at gustong manggulo, ano ang dapat gawin sa ganitong sitwasyon? Sa kasong ito, dapat sundin ng kakaunti ang nakararami. Dahil nagkaroon ang karamihan ng mga tao ng isang kasunduan, bakit sila lumalabas para gumawa ng gulo? Sinasadya ba nilang subukang manira? Puwede nilang ipahayag ang mga opinyon nila para makilatis sila ng lahat, at kung sasabihin ng lahat na hindi naaayon ang mga opinyon nila sa mga prinsipyo at hindi mapangangatwiran ang mga ito, dapat nilang talikuran ang mga pananaw nila at bitiwang ang mga ito. Ano ang prinsipyo ng pakikitungo sa usaping ito? Dapat itaguyod ng isang tao kung ano ang tama at hindi pilitin ang iba na sundin kung ano ang mali. Nauunawaan ba ninyo? Sa katunayan, bago magpakita ng ganitong pag-uugali ang mga anticristo at magsagawa ng pagiging arbitraryo at diktatoryal, may mga sariling plano na silang naisip. Talagang hindi tumutukoy ang pagiging arbitraryo at diktatoryal sa paggawa ng tamang bagay o pagsasagawa sa katotohanan. Tiyak na tumutukoy ito sa paggawa ng mali at ng mga lumalabag sa katotohanan, pagtahak sa maling landas, at paggawa ng mga maling desisyon habang hinihikayat pa rin ang iba na makinig sa kanila. Ito ang tinatawag na pagiging arbitraryo at diktatoryal. Kung ang isang bagay ay tama at umaayon sa katotohanan, dapat itong sundin. Hindi ito pagiging arbitraryo at diktatoryal; ito ay pagsunod sa mga prinsipyo. Dapat pag-ibahin ang dalawang ito. Ano ang pangunahing tinutukoy ng pagiging arbitraryo at diktatoryal ng mga anticristo? (Ang paggawa ng mga bagay na hindi naaayon sa mga prinsipyo o sa katotohanan, at

pagpapasunod pa rin sa iba.) Tama, anumang sitwasyon ang dumating o anumang problema ang hinaharap, hindi nila hinahanap ang mga katotohanang prinsipyo kundi nagpapasya sila batay sa sarili nilang mga kuru-kuro at imahinasyon. Alam nila sa puso nila na ang paggawa nito ay labag sa mga prinsipyo pero gusto pa rin nilang makinig at magpasakop ang iba. Ito ang di-nagbabagong pamamaraan ng mga anticristo.

Nang unang magsimula ang gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo, dinala ng ilang tao ang Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao sa mga relihiyosong pangkat para ipangaral ang ebanghelyo. Ang lahat ng relihiyosong tao, pagkatapos magbasa ng mga salita ng Diyos na nagbubunyag ng mga misteryo, nagbabahagi ng mga pangitain, at nagtatalakay ng buhay pagpasok, ay nagsabing napakaganda ng mga iyon. Gayumpaman, may nakita silang ilang salita ng paghatol at paglalantad sa mga tao na masyadong marahas ang pagkakasabi. Pakiramdam nila ay pinagagalitan sila at hindi nila ito matanggap, sinasabing, “Puwede bang magsalita ang diyos sa paraan na pinagagalitan ang mga tao? Sa pinakamataas na, ang mga salitang ito ay parang isinulat ng isang marunong na tao.” Sinabi ng taong namamahala sa pangangaral ng ebanghelyo na may solusyon siya. Kinalaunan, binago niya ang lahat ng bahagi ng mga salita ng Diyos na hindi umaayon sa mga kuru-kuro, imahinasyon, at panlasa ng mga tao, gayundin ang mga salitang kinatatakutan niyang mag-uudyok sa mga taong magkaroon ng mga kuru-kuro pagkatapos nilang basahin ang mga ito. Halimbawa, tinanggal ang lahat ng salitang ginamit ng Diyos para ilantad ang kalikasan ng tao, gaya ng “patutot,” “babaeng bayaran,” “tampalasan,” at ang mga pariralang gaya ng “itapon sa impiyerno” at “itapon sa lawa ng apoy at asupre.” Sa madaling salita, ang lahat ng salitang madaling makapagdudulot ng mga kuru-kuro o di-pagkakaunawaan ay ganap na tinanggal. Sabihin ninyo sa Akin, pagkatapos tanggalin ang mga salitang ito ng paghatol, pagkondena, at pagsumpa mula sa mga salita ng Diyos, nananatili bang mga orihinal na salita ng Diyos ang mga ito? (Hindi na.) Ang mga ito pa rin ba ang mga salitang ipinahayag ng Diyos sa gawain Niya ng paghatol? Hindi nakipagtalakayan kaninuman ang “matandang ginoo” na ito at tinanggal niya ang marami sa mga salita ng Diyos na sadyang marahas tungkol sa pagpipino at paglalantad sa mga tiwaling disposisyon ng mga tao, lalo na iyong mga tumutukoy sa panahon ng pagsubok sa mga tagapagserbisyo. Kalaunan, nang mabasa ng mga relihiyosong tao ang binagong bersyon, sinabi nila, “Puwede na, kaya naming manampalataya sa ganitong diyos,” at tinanggap nila ito. Naisip ng matandang ginoo, “Tingnan ninyo kung gaano ako katalino! Hindi karunungan ang maging masyadong marahas ang mga salita ng diyos. Ang mga taong iyon, kailangan lang silang suyuin—paano mo nasabi ang mga bagay na puwedeng mapagkamalan bilang pagpapagalit? Hindi karunungan iyon! May ginawa akong ilang pagbabago, at tingnan ninyo kung anong nangyari: Kahit ang mga relihiyosong pastor ay handang manampalataya, at parami nang parami ang mga taong tumatanggap dito. Anong masasabi ninyo? Hindi ba’t marunong ako? Hindi ba’t matalino ako? Hindi ba’t talagang kahanga-hanga iyon?” Dahil sa mga resulta ng mga ginawa niyang pagbabago, labis niyang ipinagmalaki ang

sarili niya. Gayumpaman, nakita ng ilang relihiyosong taong pumasok ng iglesia na ang mga salita ng Diyos na binasa nila ay binago at naiiba sa mga orihinal na teksto sa iglesia, at naungkat ang isyung ito. Natuklasan kinalaunan na binago ng matandang ginoong ito ang nilalaman ng mga salita ng Diyos. Ano ang tingin ninyo sa ginawa ng matandang ginoong ito? Huwag na tayong magbanggit ng anupaman at sabihin na lang natin: Hindi sa iyo ang mga salitang iyon, wala kang karapatang baguhin ang mga iyon. Kahit pa ito ay isang artikulo o aklat na isinulat ng tao, kung may gusto kang baguhin, dapat mo munang makuha ang pahintulot ng orihinal na manunulat. Kung papayag siya, puwede mong baguhin. Kung hindi siya papayag, hindang-hindi mo puwedeng baguhin ni isang salita. Ito ay tinatawag na paggalang sa manunulat at sa mga mambabasa. Kung walang lakas ang manunulat na gumawa ng mga pagbabago at binigyan ka niya ng awtoridad, sinasabi na puwede mong baguhin ang anumang bagay basta't mananatili itong tapat sa orihinal na kahulugan at makakamit nito ang ninanais na epekto, puwede ka bang gumawa ng mga pagbabago? (Oo.) Kung ibinigay ng manunulat ang pahintulot o awtorisasyon niya, puwedeng gawin ang mga pagbabago. Ano ang tawag sa ganitong uri ng pag-uugali? Ito ay mapangangatwiran, lehitimo, at nararapat, hindi ba? Pero paano kung hindi sumang-ayon ang manunulat at binago mo ito nang walang awtorisasyon? Ano ang tawag doon? (Pagiging walang ingat at sutil.) Tinatawag iyon na pagiging walang ingat at sutil, arbitrario at diktatorial. Ngayon, ano ang binago ng matandang ginoong ito? (Ang mga salita ng Diyos.) Ang mga orihinal na salita ng Diyos, na nagtataglay ng lagay ng loob, disposisyon, at mga layunin ng Diyos sa sangkatauhan. Makahulugan ang mga salita ng Diyos sa paraan ng pagkakasabi sa mga ito. Alam mo ba ang lagay ng loob, pakay, at ninanais na epekto sa likod ng bawat salitang binigkas ng Diyos? Kung hindi mo ito maarok, bakit pikit-mata kang gagawa ng mga pagbabago? Ang bawat pangungusap na binigkas ng Diyos, ang pagpili ng mga salita, ang tono, at ang kapaligiran, lagay ng kalooban, at mga emosyong ipinaparamdam ng mga ito sa mga tao, ay pawang buong-ingat na binuo at pinag-isipan. Maingat mag-isip at marunong ang Diyos. Ano ang inisip ng matandang ginoong ito? Sa tingin niya ay walang karunungan ang pamamaraan ng Diyos ng pananalita. Iyon ang tingin niya sa gawain ng Diyos. Naniwala siyang, "Ang mga nasa relihiyon na nagnanais lang na makinabang hangga't nais ay kailangang suyuin at tratuhin nang may pag-ibig at awa. Hindi puwedeng ganito karahas ang mga salita. Kung masyadong marahas ang mga ito, paano natin maipapangaral ang ebanghelyo? Maipapalaganap pa ba ang ebanghelyo kapag nagkagayon?" Hindi ba't alam ito ng Diyos? (Oo.) Alam na alam ng Diyos. Kung gayon, bakit ganito pa rin Siya magsalita? Ito ang disposisyon ng Diyos. Ano ang disposisyon ng Diyos? Ang magsalita sa pamamaraan Niya, manampalataya ka man o hindi. Kung nananampalataya ka, isa ka sa mga tupa ng Diyos; kung hindi naman, isa kang lobo. Inilalantad at medyo pinagagalitan ka ng mga salita ng Diyos, at pagkatapos ay tumatanggi ka nang kilalanin na mananampalataya ka ng Diyos? Ano, hindi ka na ba isang nilikha ng Diyos? Tumigil na bang maging Diyos ang Diyos? Kung kaya mong

ikaila ang Diyos dahil dito, masamang tao ka, isang diyablo. Hindi inililigtas ng Diyos ang ganitong mga tao, kaya hindi sila dapat pinipilit o sinusuyong tanggapin ng iglesia. Sinasabi ng ilang tao: “Kahit pa pagalitan ako ng Diyos, masaya akong pumapayag. Kung Siya ay Diyos, maililigtas Niya ako. Kung hahampasin Niya ako, nararapat ito. Kung tatawagin Niya akong isang tao na magulo ang isip, ganoon nga ako, at mas naguguluhan pa kaysa roon; kung tatawagin Niya akong patutot, kahit na hindi mukhang nakagawa na ako ng mga bagay na ginagawa ng isang patutot, dahil sinabi ito ng Diyos, kikilalanin at tatanggapin ko ito.” Napakasimple ng kanilang pananampalataya, pagkilala, at pagtanggap, at pinakasimple ang kanilang may-takot-sa-Diyos na puso. Nais ng Diyos na makamit ang ganitong mga tao. Naiisip ng ilang tao na masyadong marahas at masakit ang mga salita ng Diyos, pakiramdam nila ay hindi sila makakatanggap ng mga pagpapala, at kaya ayaw na nilang manampalataya. Iniisip nila, “Kahit pa ikaw ang diyos, hindi ako mananampalataya sa iyo. Kung magsasalita ka nang ganito, hindi kita susundin.” Kung gayon, umalis ka na! Kung ni hindi mo kinikilala ang Diyos, paano ka makikilala ng Diyos bilang nilikha Niya? Imposible iyon! Inilatag dito ang mga salita ng Diyos; manampalataya ka man o hindi, ikaw ang bahala. Kung hindi ka mananampalataya, umalis ka na. Ikaw ang mawawalan. Kung mananampalataya ka, magkakaroon ka ng kaunting pag-asa na maligtas. Hindi ba’t patas ito? (Oo.) Pero ganito ba mag-isip ang matandang ginoong ito? Nakikilatis ba niya ang mga kaisipan ng Diyos? (Hindi.) Hindi ba’t hangal siya? Ang mga taong walang espirituwal na pang-unawa ay gumagawa ng ganitong mga hangal na gawa. Nakita niya ang Diyos bilang di-mahalaga at simple, inisip niya na ang mga kaisipan ng Diyos ay hindi naman gaanong mas mataas kaysa sa pag-iisip ng tao. Lagi niyang sinasabi na ang mga kaisipan ng Diyos ay mas mataas kaysa sa mga kaisipan ng tao, ipinapangaral ang matatayog na doktrinang ito sa tuwing mga ordinaryong panahon, pero nang aktuwal siyang naharap sa isang sitwasyon, kinalimutan niya ang mga salitang ito, nadama niya na ang mga salitang ito ng Diyos ay hindi tulad ng bagay na sasabihin ng Diyos. Sa puso niya, hindi niya kinilala ang mga salitang ito ng Diyos, kaya hindi niya matanggap ang mga ito. Habang ipinapangaral ang ebanghelyo, sinamantala niya ang pagkakataon para mabilis na baguhin ang mga salita ng Diyos, sa ilalim ng pagpapanggap na “epektibong ipinapangaral ang ebanghelyo at nagkakamit ng mas maraming tao.” Sa huli, ano ang naging paglalarawan Ko sa inugali niya? Bilang pambabaluktot sa mga salita ng Diyos. Ano ang ibig sabihin ng pambabaluktot? Ang ibig sabihin nito ay ang arbitraryong pagdaragdag, pagbabawas, o pagbabago sa orihinal na kahulugan, pagbabago ng nilalayong kahulugan ng manunulat, pagwawalang-bahala sa mga panimulang intensyon ng manunulat at layunin sa pagsasalita, at pagkatapos ay basta-bastang pagbabago sa mga ito. Ito ay tinatawag na pambabaluktot. Mayroon ba siyang may-takot-sa-Diyos na puso? (Wala.) Ang lakas ng loob niya! Gagawin ba ng isang tao ang bagay na ito? (Hindi.) Gawain ito ng isang diyablo, hindi ng isang tao. Ni hindi mo nga puwedeng basta na lang baguhin ang mga salita ng isang ordinaryong tao; dapat mong igalang ang opinyon ng manunulat. Kung gusto mong gumawa ng mga

pagbabago, kailangan mo muna siyang sabihan at hingan ng pahintulot, at pagkatapos mong matanggap ang permiso niya ay saka ka lang puwedeng gumawa ng mga pagbabago ayon sa kanilang mga opinyon. Respeto ang tawag dito. Pagdating sa Diyos, ang hinihingi ay higit na mas malaki kaysa sa respeto lang! Kung kahit isang pangungusap lang sa mga salita ng Diyos ang hindi tamang nailimbag, kung may nawawala kahit isang artikulong panggramatika lang, dapat mong tanungin kung katanggap-tanggap ba ito; kung hindi, dapat mong ulitin ang paglimbag ng pahinang iyon. Nangangailangan ito ng ganito kaseryoso at karesponsableng saloobin; ito ang tinatawag na pagkakaroon ng may-takot-sa-Diyos na puso. May ganitong puso ba ang matandang ginoong ito? (Wala.) Wala siyang may-takot-sa-Diyos na puso. Itinuring niyang nasa ilalim niya ang Diyos; ang lakas ng loob niya. Dapat patalsikin ang ganitong tao.

Isang kaparehong insidente ang nangyari kamakailan. Muling ginamit ng ilang tao ang palusot na pangangaral ng ebanghelyo at pagkakamit ng mas maraming tao bilang dahilan para walang ingat na baguhin ang mga salita ng Diyos. Sa pagkakataong ito, mas mabuti ito nang kaunti kumpara sa huli; noong huling pagkakataon, ginawa ito nang arbitraryo at diktatoryal, nang hindi nakikipagbahaginan sa iba, kumikilos nang basta-basta at walang pakundangang binabaluktot ang mga salita ng Diyos. Sa panahong ito naman, tinanong muna nila ang ang Itaas, sinabing, “Hindi matanggap ng mga tao galing sa isang partikular na etnikong grupo ang ilan sa mga termino sa mga salita ng diyos. Nakaisip kami ng estratehiya para tanggalin o baguhin ang mga terminong iyon, at ang mga bahagi ng mga kasabihan o sipi sa mga salita ng diyos na hindi nila matanggap, at pagkatapos ay mangaral sa kanila gamit ang espesyal na iniangkop na bersyon ng mga salita ng diyos. Hindi ba’t mananampalataya sila kapag nagkagayon?” Tingnan ninyo iyan; talagang ang lakas ng loob nila. Anong uri ng pag-uugali ito? Kung maluwag silang tatratuhin, puwedeng ituring lang ang ganitong mga tao bilang hangal at ignorante, at napakabata pa; puwedeng sabihan lang sila na huwag na iyong ulitin. Pero kung ilalarawan natin ang kalikasan ng ginawa nila, kaswal nilang binabago ang mga salita ng Diyos para malugod si Satanas. Ano ang tawag dito? Ito ang pag-uugali ni Hudas, ng mga traydor at taksil, na ipinagkakanulo ang Panginoon para sa kaluwalhatian. Binaluktot nila ang mga salita ng Diyos, ginawa ang mga iyon na mas madaling tanggapin at kaaya-aya sa mga tao para mapalugod ang mga ito at para mapatanggap sa mga ito ang ebanghelyo—anong klaseng bagay ito? Kahit pa wala ni isang tao sa mundo ang mananampalataya, titigil ba ang mga salita ng Diyos sa pagiging mga salita ng Diyos? Magbabago ba ang kalikasan ng mga salita ng Diyos? (Hindi.) Ang mga salita ba ng Diyos ay katotohanan lang kung tatanggapin nila, at kung hindi, hindi na katotohanan ang mga salita Niya? Magbabago ba ang kalikasan ng mga salita ng Diyos dahil dito? Hinding-hindi. Ang katotohanan ay ang katotohanan; kung hindi mo ito tatanggapin, mamamatay ka! Iniisip ng ilang taong nangangaral ng ebanghelyo, “Nakakaawa sila dahil hindi nila tinanggap! Mga dakila at maharlikang tao sila. Labis na minamahal at kinaaawaan sila ng diyos, paanong hindi natin maipakita sa kanila ang kaunting pagmamahal? Baguhin natin

ang mga salita ng diyos para matanggap nila. Kahanga-hanga ang mga taong iyon, at napakabuti at napakamaawain ng diyos sa kanila. Dapat isaalang-alang natin ang mga layunin ng diyos!” Hindi ba’t pagkukunwari ito? (Oo.) Isa pang impostor—mga hangal na bagay lang ang nagagawa ng mga hindi nakakaunawa sa katotohanan! Nasabi nang hinarap at pinatalsik ang taong bumaluktot sa mga salita ng Diyos, at ngayon, may mga tao na namang gustong baluktutin ang mga ito. Ano ang sinusubukan nilang maabot? Hindi ba’t ito ay pagkakanulo sa Panginoon para sa kaluwalhatian? (Oo.) Ito ay pagkakanulo sa Panginoon para sa kaluwalhatian, pagpapalugod kay Satanas. Hindi ba’t praktikal ang mga salita ng Diyos? Hindi ba puwedeng hayagang ipakita ang mga ito? Hindi mo ba kinikilalang ang mga ito ang katotohanan? Kung hindi mo kinikilala ang mga ito, bakit nananampalataya ka pa rin? Kung hindi mo matanggap ang katotohanan, ano ang silbi ng pananampalataya sa Diyos? Imposibleng makamit ang kaligtasan nang ganito. Paano man magsalita ang Diyos, anuman ang mga salitang ginagamit Niya na hindi umaayon sa mga kuru-kuro mo, Siya ay Diyos pa rin, at hindi nagbabago ang diwa Niya. Gaano ka man kakaaya-aya magsalita, anuman ang ginagawa mo, gaano man kabait, kamaawain, o kamapagmahal ang tingin mo sa sarili mo, tao ka pa rin, isang tiwaling tao. Tumatanggi kang aminin ang mga salita ng Diyos bilang katotohanan at sinusubukan mong baguhin ang mga salita ng Diyos para mapalugod si Satanas. Anong uri ng pag-uugali ito? Kasuklam-suklam ito! Inakala Ko na pagkatapos ng mga naunang pagbabahaginan tungkol sa kalikasan ng pambabaluktot sa mga salita ng Diyos ay hindi na muling magkakaroon ng ganitong isyu sa pangangaral ng ebanghelyo ngayon. Pero, hindi kapani-paniwala, may mga tao pa ring nangangahas na mambaluktot at mag-isip ng ganito. Ano ang saloobin ng mga taong ito sa mga salita ng Diyos? (Walang paggalang.) Talagang wala silang pakundangan! Sa puso nila, kasinggaan ng mga balahibo ang mga salita ng Diyos, hindi mahalaga ang mga ito. Iniisip nila, “Puwedeng sabihin ang mga salita ng diyos sa anumang paraan; puwede kong baguhin ang mga salita niya nang ayon sa nais ko. Mas mabuting iayon ko ang mga ito sa mga kuru-kuro at panlasa ng mga tao. Ganoon dapat ang mga salita ng diyos!” Ang mga taong gumagawa ng mga bagay gaya ng pambabaluktot sa mga salita ng Diyos ay puwedeng ilarawan bilang mga anticristo. Kumikilos sila nang walang ingat at hindi nag-iisip, basta-basta silang nambabaluktot; sila ay arbitraryo at diktatoryal, at kapareho nila ng disposisyon at katangian ang iba pang mga anticristo. At may isa pang punto: Ano ang una nilang naiisip at ikinikilos kapag nahaharap sila sa panganib o kapag napinsala ang sarili nilang mga interes? Ano ang pinipili nila? Pinipili nilang ipagkanulo ang mga interes ng Diyos at ang mga interes ng sambahayan ng Diyos para protektahan ang sarili nila. Iyong mga nambabaluktot sa mga salita ng Diyos, ginagawa ba talaga nila ito para epektibong mangaral ng ebanghelyo? Ano ang itinatago nilang motibo sa likod ng diumano’y pagiging epektibo? Gusto nilang ipagyabang ang mga talento at kapabilidad nila, ipakita sa mga tao na, “Tingnan ninyo kung gaano ako kagaling! Nakikita ba ninyo kung gaano kaepektibo ang pangangaral ng ebanghelyo pagkatapos ng mga ginawa kong pagbabago? Wala

kayong gayong mga kasanayan, ni hindi kayo mangangahas na mag-isip nang ganoon. Tingnan ninyo, sa pamamagitan ng mga kaisipan at kilos ko, nakikita ba ninyo ang mga resultang nakamit ko?” Hindi isinasaalang-alang ng mga taong ito ang mga salita ng Diyos at binabaluktot nila ang mga iyon para matugunan ang sarili nilang ambisyon at pagnanais na maghangad ng kasikatan at katayuan. Hindi ba’t may katangian sila ng isang anticristo? Ang paglalarawan sa kanila bilang anticristo ay talagang makatarungan.

Ano ang isa pang pagpapamalas ng pagiging arbitraryo at diktatoryal ng mga anticristo? Hindi sila nakikipagbahaginan sa mga kapatid tungkol sa katotohanan, at hindi rin nila nilulutas ang mga aktuwal na problema ng mga tao. Sa halip, ipinapangaral lang nila ang mga salita at doktrina para sermunan ang mga tao, at pinupwersa pa nga nila ang iba na sundin sila. Paano naman ang kanilang saloobin at pamamaraan tungkol sa ang Itaas at sa Diyos? Ito ay walang iba kundi panlilinlang at pandaraya. Anuman ang mga isyu sa loob ng iglesia, wala silang inuulat sa ang Itaas kailanman. Anuman ang ginagawa nila, hindi sila nagtatanong sa ang Itaas. Para bang wala silang isyu na nangangailangan ng pagbabahagi o patnubay mula sa ang Itaas—ang lahat ng ginagawa nila ay patago at palihim, at hindi nakikita. Ito ay tinatawag na mapanlinlang na pagmamaniwala, kung saan gusto nilang sila ang may huling salita at ang maging tagapagpasya. Gayumpaman, minsan ay nagbabalatkayo rin sila, nagtatanong ng mga walang-kuwentang bagay sa ang Itaas, nagkukunwari na naghahangad sa katotohanan, pinapaniwala nang mali ang ang Itaas na napakaingat nilang hinahanap ang katotohanan sa lahat ng bagay. Sa realidad, hindi sila kailanman naghahanap ng paggabay sa anumang mahalagang bagay, sila ang nasusunod sa lahat ng bagay at hindi nila ito ipinapaalam sa ang Itaas. Kapag may naging problema, lalo nang malamang na hindi nila ito iuulat, sa takot na puwedeng makaapekto ito sa kapangyarihan, katayuan, o reputasyon nila. Kumikilos ang mga anticristo nang arbitraryo at diktatoryal; hindi sila nakikipagbahaginan sa iba at pinupwersa nila ang iba na sundin sila. Sa madaling salita, ang mga pangunahing pagpapamalas ng pag-uugaling ito ay ang pakikibahagi sa personal na proyekto; paglilinang ng kanilang impluwensiya, personal na samahan, at mga koneksyon; paghahangad ng sarili nilang mga pakikipagsapalaran; at pagkatapos, ginagawa nila kung ano ang nais nila, ginagawa nila ang mga bagay na pakikinabangan nila, at kumikilos sila nang hindi hayagan. Napakalakas ng pagnanais at kagustuhan ng mga anticristo na magawa ang ibang tao na magpasakop sa kanila; umaasa sila na susundin sila ng mga tao gaya ng isang mangangaso na pinapasunod ang aso niya sa mga utos niya, hindi hinahayaan ang anumang pagkilatis ng tama o mali, ipinipilit ang ganap na pagsunod at pagpapasakop.

Mapapansin ang isa pang pagpapamalas ng pagiging arbitraryo at diktatoryal ng mga anticristo sa sumusunod na senaryo. Halimbawa, kung ang lider ng isang partikular na iglesia ay isang anticristo, at kung nilalayon ng mga nakatatasa na lider at manggagawa na malaman ang nangyayari sa gawain ng iglesiang iyon at makialam doon, sasang-ayon ba ang anticristong ito? Hinding-hindi. Hanggang sa anong antas niya kinokontrol ang

iglesia? Tulad ng isang di-mapapasok na kuta, na hindi matutuskan ng karayom ni mapapasukan ng tubig, hindi niya pinahihintulutan ang sinuman na makialam o mag-usisa. Kapag nalaman niyang darating ang mga lider at manggagawa para alamin ang nangyayari sa gawain, sasabihin niya sa mga kapatid, “Hindi ko alam kung ano ang pakay ng mga taong ito sa pagpunta rito. Hindi nila nauunawaan ang aktuwal na sitwasyon ng ating iglesia. Kung makikialam sila, maaaring maabala nila ang gawain ng ating iglesia.” Ganoon niya inililihis ang mga kapatid. Sa sandaling dumating ang mga lider at manggagawa, hahanap siya ng iba’t ibang dahilan at palusot para pigilan ang mga kapatid na makipag-ugnayan sa mga ito, habang paimbabaw na nililibang ang mga lider at manggagawa, pinananatiling nakahiwalay ang mga ito sa isang lugar para diumano matiyak ang seguridad ng mga ito; subalit sa realidad, ito ay para pigilan ang mga ito na makatagpo ang mga kapatid at malaman ang sitwasyon mula sa kanila. Kapag nag-usisa ang mga lider at manggagawa tungkol sa sitwasyon sa gawain, manlilinlang ang anticristo sa pamamagitan ng pagpapakita ng huwad na imahe; lilinlangin niya ang mga nasa itaas niya at itatago ang katotohanan mula sa mga nasa ibaba niya, dinadagdagan niya ng palamuti ang kanyang pahayag, at palalakihin ang pagiging epektibo ng gawain para linlangin sila. Kapag iminungkahi ng mga lider at manggagawa na makipagpulong sa mga kapatid sa iglesia, sasagot siya ng, “Hindi pa ako nakagawa ng anumang pagsasaayos! Hindi mo ako inabisuhan bago ka dumating. Kung ginawa mo iyon, isinaayos ko sanang makipagkita sa iyo ang ilan sa mga kapatid. Subalit dahil delikado ang kalagayan sa kasalukuyan, para maging ligtas, mas mabuting huwag kayong makipagkita sa mga kapatid.” Bagaman tila makatwiran ang kanyang mga salita, kayang makita ng isang taong may pagkilatis ang isyu: “Ayaw niyang makipagkita ang mga lider at manggagawa sa mga kapatid dahil natatakot siyang malantad, natatakot na mabunyag ang mga depekto at paglihis sa kanyang gawain.” Mahigpit na kinokontrol ng anticristo ang mga kapatid sa iglesia. Kung hindi responsable ang mga lider at manggagawa, madali silang malilinlang at maloloko ng anticristo. Ang aktuwal na sitwasyon ng mga kapatid sa iglesia, ang kanilang mga paghihirap na hindi pa rin nalulutas, kung maagap bang naihahatid sa mga kapatid ang mga pagbabahagi at sermon ng ang Itaas at ang mga aklat ng mga salita ng Diyos, kung paano ba umuusad ang iba’t ibang proyekto ng gawain ng iglesia, kung mayroon bang mga paglihis o problema—lahat ng ito ay hindi malalaman ng mga lider at manggagawa. Hindi rin alam ng mga kapatid ang anumang bagong pagsasaayos ng gawain sa sambahayan ng Diyos; kaya, ganap na kinokontrol ng anticristo ang iglesia, siya lang ang may kapangyarihan at ang may huling salita sa mga isyu. Walang pagkakataon ang mga kapatid sa iglesia na makipag-ugnayan sa mga nakatataas na lider at manggagawa, at dahil hindi nila alam ang totoo, naililihis at nakokontrol sila ng anticristo. Paano man magsalita ang anticristo, ang mga nag-iinspeksiyong lider at manggagawang ito ay walang pagkilatis at iniisip pa rin nila na gumagawa ng mabuting gawain ang anticristo, ganap silang nagtitiwala sa kanya. Katumbas ito ng pagkakatiwala sa hinirang na mga tao ng Diyos sa pangangalaga ng anticristo. Kung, kapag nililihis ng

anticristo ang mga tao, ang mga lider at manggagawa ay hindi nakakikilatis, iresponsable, at hindi alam kung paano ito pangangasiwaan, hindi ba't paghadlang ito sa gawain ng iglesia at pagpinsala sa hinirang na mga tao ng Diyos? Hindi ba't ang gayong mga lider at manggagawa ay mga huwad? Pagdating sa isang iglesia na kontrolado ng isang anticristo, dapat makialam at mag-usisa ang mga lider at manggagawa, at kailangan nilang agarang pangasiwaan at alisin ang anticristo—walang duda ito. Kung may mga huwad na lider na hindi gumagawa ng tunay na gawain at binabalewala ang panlilinlang ng anticristo sa hinirang na mga tao ng Diyos, dapat ilantad ng hinirang na mga tao ang mga huwad na lider at manggagawang ito, dapat nilang iulat, tanggalin sa posisyon, at palitan ng mabubuting lider ang mga ito. Ito ang tanging paraan para lubusang malutas ang isyu ng panlilihis ng anticristo sa mga tao. Maaaring sabihin ng ilan na, “Maaaring may mahinang kakayahan at walang pagkilatis ang gayong mga lider at manggagawa, kung kaya nabigo silang pangasiwaan at lutasin ang isyu ng anticristo. Hindi nila ito sinasadya; hindi ba't dapat silang bigyan ng isa pang pagkakataon?” Para sa gayong mga lider na magugulo ang isip, hindi na sila dapat bigyan ng pagkakataon. Kung bibigyan sila ng isa pang pagkakataon, patuloy lang nilang pipinsalain ang hinirang na mga tao ng Diyos. Ito ay dahil hindi sila mga taong naghahangad sa katotohanan; wala silang konsensiya at katwiran, at wala silang prinsipyo sa kanilang mga pagkilos—mga kasuklam-suklam na tao sila na dapat maitiwalag! Sa nakalipas na dalawang taon, may ilang kapatid sa ilang iglesia na nagkaisang tanggalin ang gayong mga huwad na lider at anticristo na hindi gumagawa ng tunay na gawain, pinatanggal at pinatiwalag sila. Hindi ba't mabuting bagay iyon? (Oo.) Nakalulugod sa Akin na marinig ang gayong mabuting balita; ito ang pinakamahusay na katibayan na ang hinirang na mga tao ng Diyos ay lumalago sa buhay at pumapasok sa tamang landas ng pananampalataya sa Diyos. Ipinakikita nito na nagkamit na ang mga tao ng kaunting pagkilatis at tayog, at hindi na sila kontrolado ng mga huwad na lider, at mga anticristo at masasamang demonyo. Hindi na magagawang ilihis o kontrolin ng mga ordinaryong huwad na lider at anticristo ang hinirang na mga tao ng Diyos, na hindi na napipigilan ng katayuan o kapangyarihan. May tapang silang kilatisin at ilantad ang mga huwad na lider at anticristo, nangangahas na palayasin at tanggalin ang mga ito. Sa katunayan, mga lider at manggagawa man o mga karaniwang tao sa hinirang na mga tao ng Diyos, lahat sila ay may pantay-pantay na katayuan sa harap ng Diyos, nagkakaiba lang sila sa kanilang mga tungkulin. Sa sambahayan ng Diyos, walang pagkakaiba sa katayuan; may mga pagkakaiba lang sa tungkulin at responsabilidad. Kapag nahaharap sa mga huwad na lider at anticristo na nanggugulo sa gawain ng iglesia, dapat itong ilantad at iulat ng kapwa mga lider at manggagawa at hinirang na mga tao ng Diyos, dapat nilang pangasiwaan agad ang mga ito, patalsikin ang mga anticristo mula sa iglesia. Ang lahat ay pare-parehong may ganitong responsabilidad.

Ang mga anticristo ay arbitrario at diktatorial, hindi kailanman nakikipagbahaginan sa iba, at kailangang may huling salita sa lahat ng isyu—hindi ba't malinaw na nakikita

ang lahat ng problemang ito? Ang pakikipagbahaginan sa iba at paghahanap ng mga prinsipyo ay hindi isang pormalidad o isang mababaw na proseso; ano ang layunin? (Ang magampanan ang mga tungkulin ng isang tao nang may mga prinsipyo, at ang magkaroon ng isang landas sa paggampan sa mga ito.) Tama iyan; ito ay para magawang magkaroon ng mga prinsipyo at landas sa paggampan ng mga tungkulin ng isang tao. Dapat mo munang maunawaan na sa pamamagitan ng paghahanap ng katotohanan sa mga salita ng Diyos at pag-unawa sa mga prinsipyo, saka lang epektibong magagampanan ng isang tao ang kanyang tungkulin. Kung ibabahagi mo ang katotohanan para malutas ang mga problema, anong diskarte ang dapat gawin? Aling mga tao ang kailangang makilahok? Dapat piliin ang mga tamang indibidwal; dapat kang pangunahing makipagbahaginan sa ilang tao na may mahusay na kakayahan at nakauunawa sa katotohanan, dahil hahantong ito sa mga epektibong resulta. Mahalaga ito. Kung pipiliin mo ang mga taong magugulo ang isip na may mahinang kakayahan at walang katwiran, na kahit gaano pa karami ang talakayan ay hindi mauunawaan o maaabot ang katotohanan, kahit pa magbahaginan ng maraming katotohanan, hindi ito magbubunga ng anumang resulta. Anuman ang mga problemang lumilitaw sa iglesia, may karapatan ang hinirang na mga tao ng Diyos na makaalam at dapat nilang malaman ang sitwasyon ng gawain ng iglesia at ang mga kasalukuyang problema. Kung nilililang ng mga lider at manggagawa ang mga nasa itaas nila at itinatago nila ang katotohanan mula sa mga nasa ibaba nila, kung gumagamit sila ng mga pamamaraan para lituhin ang iba, may karapatan ang hinirang na mga tao ng Diyos na ilantad at iulat sila, o na ipaalam ang sitwasyon sa mga nakatataas. Tungkulin at obligasyon din ito ng hinirang na mga tao ng Diyos. Kumikilos nang arbitraryo at diktatoryal ang ilang huwad na lider, kinokontrol ang hinirang na mga tao ng Diyos sa iglesia. Paglaban at pagsalungat ito sa Diyos; palagian itong pagsasagawa ng mga anticristo. Kung hindi ito ilalantad at iuulat ng hinirang na mga tao ng Diyos, at nahahadlangan o natitigil ang gawain ng iglesia, hindi lang ang mga lider at manggagawa ang may responsabilidad, kundi pati na rin ang hinirang na mga tao ng Diyos, dahil ang hinirang na mga tao ng Diyos ang nagdurusa kapag ang mga huwad na lider at mga anticristo ang may kapangyarihan sa iglesia, na posibleng sumira sa pagkakataon nilang makatanggap ng kaligtasan. Samakatwid, may karapatan at responsabilidad ang hinirang na mga tao ng Diyos na iulat at ilantad ang mga huwad na lider at anticristo, na siyang kapaki-pakinabang para sa gawain ng iglesia at sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Sinasabi ng ilang lider at manggagawa na: “Sinasabi ninyong lahat na arbitraryo at diktatoryal ako, tama? Sa pagkakataong ito, hindi na ako magiging ganyan. Hahayaan ko ang lahat na magpahayag ng kanilang mga opinyon. Isang araw, dalawang araw—maghihintay ako gaano man katagal para maibahagi ninyo ang mga ito.” Minsan, kapag nahaharap sa ilang espesyal na isyu, ilang araw na nagtatagal ang mga di-pagkakaunawaan nang walang kalutasan, at patuloy lang na naghihintay ang mga ito. Naghihintay ang mga ito hanggang sa maabot ng lahat ang isang kasunduan bago magpatuloy sa gawain. Gaano karaming gawain ang

naaantala rito? Labis itong nakakaantala sa mga bagay-bagay; malinaw na pagpapamalas ito ng pagiging iresponsable. Paano epektibong mapamamahalaan ng isang lider o manggagawa ang gawain ng iglesia kung hindi niya kayang magdesisyon? Sa gawain ng iglesia, bagaman may awtoridad na magdesisyon ang mga lider at manggagawa, may karapatan ang mga kapatid na makaalam. Gayumpaman, sa huli, ang mga lider at manggagawa ang dapat na magdesisyon. Kung hindi makapagdesisyon ang isang lider o manggagawa, masyadong mahina ang kanyang kakayahan, at hindi siya angkop sa posisyon ng pamumuno. Kahit pa lider siya, hindi niya kayang gumawa ng tunay na gawain o gampanan ang kanyang mga tungkulin sa isang paraang pasok sa pamantayan. May ilang lider at manggagawa na nagtatalo sa isang isyu sa loob ng mahabang panahon, hindi makapagdesisyon, at sa huli, pumapanig na lang sa kung sino ang nakikita nilang mas mapilit. Maprinsipyo ba ang pamamaraang ito? (Hindi.) Anong klaseng mga lider sila? Sila ay mga tao lang na magulo ang isip. Kung sasabihin mong, “Arbitraryo at diktatoryal ang mga anticristo, at natatakot akong maging ganoon; ayaw kong tahakin ang landas ng isang anticristo. Hihintayin kong ipahayag ng lahat ang kanilang mga opinyon, at saka ako gagawa ng kongklusyon at magbubuod ng isang katamtamang pamamaraan para sa desisyon”—katanggap-tanggap ba iyon? (Hindi.) Bakit hindi? Kung hindi umaayon ang resulta sa mga katotohanang prinsipyo, kahit pa magpatuloy ka sa ganitong paraan, magiging epektibo ba ito? Mapalulugod ba nito ang Diyos? Kung hindi ito epektibo at hindi nito mapalulugod ang Diyos, malala ang problema. Ang hindi pagkilos ayon sa mga katotohanang prinsipyo, ang pagiging iresponsable sa paggampan sa iyong tungkulin, ang pagiging pabasta-basta, at ang paggawa ng mga bagay-bagay nang ayon sa pilosopiya ni Satanas ay pagiging hindi tapat sa Diyos. Panlilinlang ito sa Diyos! Para maiwasang mapaghinalaan o mahusgahan bilang isang anticristo, tinatalikuran mo ang mga responsabilidad na dapat mong tuparin at ginagamit mo ang “mapagkompromisong” paraan ng pilosopiya ni Satanas. Bilang resulta, pinipinsala mo ang hinirang na mga tao ng Diyos at naaapektuhan ang gawain ng iglesia. Hindi ba’t wala itong prinsipyo? Hindi ba’t makasarili at kasuklam-suklam ito? Bilang isang lider o manggagawa, dapat kang magsalita at kumilos nang may mga prinsipyo, gumampan ng iyong mga tungkulin nang may mga resulta at kahusayan. Dapat kang kumilos sa alinmang paraan na kapaki-pakinabang sa gawain ng sambahayan ng Diyos at umaayon sa mga katotohanang prinsipyo. Halimbawa, dapat bilhin ang mga bagay para sa iglesia nang isinasaalang-alang ang praktikal na resulta. Dapat makatwiran ang presyo at kapaki-pakinabang ang mga bagay na ito. Kung gagastos ka ng pera nang walang ingat at walang mga prinsipyo, maaaring magdulot ito ng kawalan sa mga interes ng sambahayan ng Diyos at sa mga handog para sa Diyos. Paano ninyo haharapin ang gayong sitwasyon? (Humingi ng patnubay mula sa ang Itaas.) Ang paghingi ng patnubay mula sa ang Itaas ay isang paraan. Bukod pa rito, huwag maging tamad. Magsaliksik nang mabuti, mag-usisa nang husto, magtanong-tanong pa, unawain ang mga detalye, at maghanda nang sapat; marahil pagkatapos ay matatagpuan ang isang medyo angkop

na solusyon. Kung hindi mo gagawin ang paghahandang ito at kikilos ka nang walang ingat at nang hindi nauunawaan ang mga detalye, na magreresulta sa pagkaaksaya ng maraming pera, ano ang tawag doon? Tinatawag itong pagiging pabasta-basta. Ganito gampanan ng ilang tao ang kanilang tungkulin, hindi ipinapakita sa iba ang ginagawa nila. Kalahati lang ng dapat nilang iulat ang iniulat nila, itinatago nila ang iba dahil pakiramdam nila ay magdadala sa kanila ng problema ang pagiging ganap na hayagan at hihingin sa kanila na magsagawa ng karagdagan pang pananaliksik at mga pagpapahusay. Kaya, ikinukubli na lang nila mula sa iba ang totoong sitwasyon at mga detalye, mabilis na kinokompleto ang gampanin at pagkatapos ay hinihingi sa sambahayan ng Diyos na magbayad. Subalit sa pag-iinspeksiyon, ang gampanin ay hindi umaabot sa pamantayan at kinakailangang ulitin, at mas marami pang pera ang nasasayang. Hindi ba't pagpinsala ito sa sambahayan ng Diyos? Hindi ba't pag-uugali ito ng isang Huday? (Oo.) Ang pag-uugali ng isang Huday ay kinasasangkutan ng partikular na pagkakanulo sa mga interes ng sambahayan ng Diyos. Kapag nahaharap sa mga sitwasyon, ang gayong tao ay pumapanig sa mga hindi taga-iglesia, isinasaalang-alang lang ang sarili niyang laman at hindi man lang iniisip ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Mayroon ba siyang anumang katapatan sa Diyos? (Wala.) Wala kahit kaunting katapatan. Nalulugod siya sa pagkakanulo sa mga interes ng sambahayan ng Diyos at pagpinsala sa gawain ng iglesia—ito ang pag-uugali ng isang Huday. Mayroon ding isa pang sitwasyon: May ilang tungkuling ginagamitan ng espesyal na kaalaman o kadalubhasaan sa ibang mga larangan na maaaring hindi pamilyar sa lahat. Sa gayong mga kaso, hindi ka dapat umiwas sa problema. Sa panahong ito ng masaganang impormasyon, hindi ka dapat maging tamad kundi aktibong maghanap ng nauugnay na datos at impormasyon. Simula sa pagkuha ng pinakapangunahing impormasyon, nagkakaroon ka ng simpleng pagkaunawa sa propesyon o larangang iyon, at pagkatapos ay unti-unti kang natututo tungkol sa mas marami pang aspektong kinasasaklawan ng larangang iyon, maging iyon man ay datos o iba't ibang propesyonal na termino, na ginagawa kang medyo pamilyar dito. Pagkatapos mong maabot ang antas na ito, hindi ba't mas kapaki-pakinabang ito sa pagtupad ng iyong tungkulin nang tapat at sa isang paraang pasok sa pamantayan? (Oo.) Kaya, ano ang layunin ng lahat ng gawaing paghahandang ito kapag ginagampanan mo ang iyong tungkulin? Ang pananaliksik, pag-unawa sa mga detalye, at pagkatapos ay paghahanap ng mga solusyong maaaring ipatupad sa pamamagitan ng pagbabahaginan at kritikal na talakayan ay bahagi lahat ng paghahanda para sa pagtupad ng iyong tungkulin sa isang paraang pasok sa pamantayan. Ang mahusay na paggawa ng mga paghahandang ito ay nagpapakita ng katapatan ng isang tao sa paggampan sa kanyang tungkulin; ibinubunyag din nito iyong mga pabasta-basta. Paano naman ang saloobin ng mga hindi mananampalataya at ng mga taong hindi tunay na iginugugol ang sarili nila para sa Diyos kapag ginagampanan nila ang kanilang mga tungkulin? Ganap silang pabasta-basta; anuman ang bilhin nila para sa iglesia, walang ingat silang gumagastos ayon sa sarili nilang kapritso, nang hindi humihingi ng patnubay mula sa ang Itaas, iniisip

na nauunawaan nila ang lahat. Bilang resulta, sinasayang nila ang pera ng sambahayan ng Diyos. Hindi ba't sila ay mga gastador, mga tagapagbalita ng sakuna? Nagdudulot sila ng mga kawalan sa mga handog para sa Diyos at hindi man lang nila napagtatanto na gumagawa sila ng kasamaan at lumalaban sa Diyos; walang anumang pagsisisi ang kanilang puso. Kapag inilalantad at kinikilatis sila ng hinirang na mga tao ng Diyos, at ibinoboto sila na paalisin at patalsikin, saka lang sila nagkakaroon ng kaunting kamalayan at nagsisimulang magsisi. Hindi nila napagtantong magkakaroon ng gayon katitinding kahihinatnan ang kanilang mga pagkilos—talaga naman, hindi sila luluha hangga't hindi nila nakikita ang sarili nilang libingan! Ang gayong mga tao ay kadalasang mga hangal na mapurol ang utak, subalit naghahangad sila na maging mga lider at manggagawa at gumampan ng mga gampanin para sa sambahayan ng Diyos. Para silang mga baboy na nagpahid ng kaunting lipstick—lubos na walanghiya. Ang mga taong ito ay mga hindi mananampalataya; kahit ilang taon na silang nananampalataya, wala silang nauunawaang katotohanan. Subalit palagi pa rin nilang gustong maging mga lider at manggagawa sa sambahayan ng Diyos, palaging nagnanais na humawak ng kapangyarihan at magkaroon ng huling salita—hindi ba't sobra silang walanghiya? Bakit itinuturing na mga hindi mananampalataya ang gayong mga tao? Ito ay dahil sa kabila ng pananampalataya sa Diyos sa loob ng maraming taon at pakikinig sa napakaraming sermon, wala silang nauunawaang katotohanan at hindi nila naisasagawa ang anumang katotohanan, na ginagawa silang mga hindi mananampalataya. May sinuman ba sa inyo na nagpapakita ng mga pag-uugaling ito? Sa mga gumagawa nito, itaas ninyo ang inyong mga kamay. Lahat kayo? Kung gayon, lahat kayo ay mga hindi mananampalataya, at iyon ay isang malalang problema. Iyong mga taos-pusong nananampalataya sa Diyos, kung palagi silang nakikinig sa mga sermon, ay makauunawa sa ilang katotohanan at magkakaroon ng kaunting pag-unlad, magiging mas maaasahan sa kanilang pananalita at mga pagkilos. Kung makikinig ang isang tao sa mga sermon sa loob ng maraming taon nang walang anumang pag-unlad, siya ay taong magulo ang isip, isang hayop, isang hindi mananampalataya. May ilang tao na marami-rami na ang nauunawaan at kaya nang hanapin ang katotohanan sa kanilang pananalita at mga pagkilos makalipas ang tatlo hanggang limang taon ng pananampalataya sa Diyos. Kung makapapansin sila ng mga kapintasan sa paggampan nila sa kanilang tungkulin o kung magsasanhi sila ng kaunting kawalan sa sambahayan ng Diyos, makadarama sila ng pagkabalisa, paninisi sa sarili, at pagkamuhi sa kanilang sarili; pakiramdam nila, ang kanilang mga panandaliang pagkakamali, kawalan ng katapatan, katamaran, o pagpapakasasa sa kaginhawahan ng laman ang nagsanhi ng gayon kalalaking kapintasan at nagdulot ng gayon kalalaking kawalan, at kinamumuhian nila ang sarili nila dahil dito. Ang gayong mga tao na may nagsisising puso ay may kaunting pagkatao at magagawang umabot sa punto na makatatanggap sila ng kaligtasan. Kung ang isang tao, pagkatapos ng maraming taon ng pakikinig sa mga sermon, ay hindi nakauunawa sa anumang katotohanan, patuloy na nagkakamali sa paggampan sa kanyang tungkulin, palaging lumilikha ng problema

para sa sambahayan ng Diyos at nagdudulot ng mga kawalan sa gawain ng iglesia, at ni walang nagsisising puso, ang gayong tao ay walang anumang pagkatao—mas masahol pa siya sa mga baboy at aso. Magagawa pa rin ba niya nang maayos ang kanyang tungkulin? Kahit pa gumampan siya ng tungkulin, pabasta-basta lang iyon, at hindi niyon matatanggap ang pagsang-ayon ng Diyos.

May ilang tao na palaging tinatawag ang sambahayan ng Diyos na “ating pamilya” kapag nagsasalita sila, palaging binabanggit ang “ating pamilya” sa usapan. Kaylambing nilang binabanggit ito! Ano ba itong “ating pamilya” na sinasabi nila? Mayroon lang sambahayan ng Diyos, pamilya ng Diyos, ang iglesia. Angkop bang palaging sabihin ang “ating pamilya”? Pakiramdam Ko ay hindi ito angkop. Maaaring gamitin ang terminong “ating pamilya,” subalit angkop lang ito kung ang sinabi ay tumutugma sa realidad. Kung hindi ka isang tao na naghahangad sa katotohanan, kung madalas mong ginagampanan ang iyong mga tungkulin nang pabasta-basta, hindi itinataguyod ang gawain ng iglesia sa kahit anong paraan, talagang hindi sineseryoso ang gawain ng iglesia, subalit palagi mong sinasabi ang “ating pamilya,” hindi iyon naaangkop. May pahiwatig ito ng kasinungalingan at pagkukunwari, na nagdudulot ng pagkasuklam at pagkamuhi; gayumpaman, kung ikaw ay isang tao na tunay na nagtataglay ng katotohanang realidad at nagtataguyod sa gawain ng iglesia, katanggap-tanggap na tawaging “ating pamilya” ang sambahayan ng Diyos. Sa pandinig ng iba ay taos ito, walang kasinungalingan, at makikita ka nila bilang isang kapatid, magugustuhan at hahangaan ka. Kung hindi mo mahal sa puso mo ang katotohanan, ni tinatanggap ang katotohanan, at iresponsable ka sa paggampan ng iyong mga tungkulin, huwag mong tawaging “ating pamilya” ang sambahayan ng Diyos. Dapat mong taimtim na hangarin ang katotohanan, gampanan nang maayos ang iyong mga tungkulin, at magawang itaguyod ang gawain ng iglesia para madama ng mga hinirang na tao ng Diyos na bahagi ka ng sambahayan ng Diyos. Sa gayon, kapag sinabi mong “ating pamilya,” magpapadama ito sa iba ng pagiging malapit, nang walang anumang pagkaramdam ng pagkasuklam, dahil sa iyong puso, tunay mong itinuturing na sarili mong tahanan ang sambahayan ng Diyos, at sa paggampan mo ng iyong mga tungkulin, tunay na responsable ka at itinataguyod mo ang gawain ng iglesia. Kapag sinabi mong “ating pamilya,” ganap itong karapat-dapat kung pakinggan, na walang bahid ng kasinungalingan. Kung ang isang tao ay hindi nagpapakita ng responsabilidad sa gawain ng iglesia, ginagampanan ang anumang tungkulin niya nang pabasta-basta, hindi man lang nag-aabalang pulutin mula sa sahig ang mga bagay-bagay, linisin ang maruming silid, o alisin ang niyebe o ayusin ang bakuran sa taglamig, na para bang hindi siya miyembro ng sambahayan ng Diyos kundi isang tagalabas, kalipikado bang tawagin ng gayong tao na “ating pamilya” ang sambahayan ng Diyos? Mga tagapagserbisyo lang sila, mga pansamantalang manggagawa, mga walang-buhay na tao na kay Satanas, hinding-hindi nabibilang sa sambahayan ng Diyos. At madalas na walang-kahihiyan pa rin nilang tinatawag na “ating pamilya” ang sambahayan ng Diyos, sinasabi ito sa tuwing ibinubuka nila ang kanilang bibig, sinasabi ito nang may matinding pagkakalapit,

kinakausap ang mga kapatid nang may labis na pagkagiliw—subalit hindi sila nangangasiwa ng anumang tunay na gampanin. Kapag gumagawa sila ng mga gampanin, nagkakamali sila, nagdudulot ng pinsala sa sambahayan ng Diyos. Hindi ba’t mga mapagpaimbabaw lang sila? Lubos na imoral ang gayong mga tao, walang anumang konsensiya o katwiran. Ang mga pinakapangunahing katangian na dapat taglayin ng isang mananampalataya ng Diyos ay konsensiya at katwiran, at dapat din niyang magawang tanggapin ang katotohanan. Kung hindi man lang siya nagtataglay ng konsensiya at katwiran, at hindi man lang niya tinatanggap ang katotohanan, karapat-dapat pa rin ba niyang tawaging “ating pamilya” ang sambahayan ng Diyos? Pansamantalang manggagawa at tagapagserbisyo lang siya; siya ay kay Satanas at walang gaanong kinalaman sa sambahayan ng Diyos. Hindi kinikilala ng Diyos ang gayong mga tao; sa Kanyang paningin, masasamang tao ang mga ito. Maraming tao ang nananampalataya sa Diyos subalit hindi man lang hinahangad ang katotohanan, nagpapakita ng kawalang-interes sa mga usapin sa sambahayan ng Diyos. Ipinagwawalang-bahala nila ang mga problemang kinahaharap nila, pinababayaan ang kanilang mga responsabilidad, nilalayuan ang mga nahihirapang kapatid, at hindi nagpapakita ng pagkamuhi sa mga gumagawa ng masama at pumipinsala sa mga interes ng sambahayan ng Diyos o sumisira sa gawain ng iglesia. Wala silang kamalayan sa mga usapin na labis na tama at mali; wala silang pakialam sa anumang mangyari sa sambahayan ng Diyos. Tinatrato ba nilang sarili nilang tahanan ang sambahayan ng Diyos? Malinaw na hindi. Hindi kalipikado ang mga taong ito na tawaging “ating pamilya” ang sambahayan ng Diyos; mapagpaimbabaw lang ang mga gumagawa nito. Sino ang mga kalipikadong magsabi ng “ating pamilya”? Kamakailan, napansin Ko na hindi talaga masama ang ilang tao, kahit na siyempre ay nasa minoritya sila. Hindi muna natin pag-uusapan ngayon kung gaano karaming katotohanan ang nauunawaan nila, o kung gaano kataas ang kanilang tayog o kalaki ang kanilang pananalig, pero ang mga taong ito ay tunay na nananampalataya sa Diyos, kayang magsagawa ng mga tunay na gampanin, at tunay na responsable sa anumang tungkuling ginagampanan nila—mayroon silang kaunting wangis ng pagkatao. Ang gayong mga tao lang ang tunay na maituturing na bahagi ng sambahayan ng Diyos. Kapag sinasabi nilang “ating pamilya,” mainit at tunay na taos-puso ang pakiramdam nito. Halimbawa, kinakailangan ng iglesia ng mesa, na nagkakahalagang anim o pitong daang dolyar kung bibilhin. Sinabi ng ilang kapatid na, “Masyadong mahal iyon. Makatitipid tayo ng malaking halaga kung bibili tayo ng kahoy at tayo na lang ang gagawa nito. Magiging ganoon din ito kaayos, nang walang anumang pagkakaiba.” Pagkatapos marinig ito, ano ang naramdaman Ko sa Aking puso? Medyo naantig Ako: “Hindi masama ang mga taong ito; alam nilang magtipid ng pera para sa sambahayan ng Diyos.” Ang gayong mga tao ay higit na mas mabuti kumpara sa mga taong nagwawaldas ng mga handog, kahit papaano ay nagtataglay sila ng kaunting konsensiya at katwiran, at kaunting damdamin ng tao. May ilang tao na nagdudulot ng daan-daan o libo-libong dolyar na kawalan sa sambahayan ng Diyos nang hindi nila namamalayan, sinasabi pa nga na

hindi nila ito alalahanin, nang hindi nakadarama ng paninisi sa sarili sa kanilang puso. Sa kabilang banda, may iba namang nagsasabi na, “Sulit ang makatipid ng kahit sampu o walong dolyar. Hindi tayo dapat gumastos ng pera kung hindi naman kinakailangan para sa mga bagay na maaari naman nating lutasin mismo. Dapat tayong magtipid kung saan natin makakaya. Hindi kailangang gastusin ang pera na hindi naman kailangang gastusin. Tama lang na magtiis tayo ng kaunting hirap at magpakapagod.” Iyong mga tao lang na makapagsasabi ng gayong mga bagay ang mga taong may konsensiya at katwiran, nagtataglay ng normal na pagkatao, at tunay na umaayon sa sambahayan ng Diyos. May karapatan ang mga taong ito na tawaging “ating pamilya” ang sambahayan ng Diyos dahil isinasaalang-alang nila ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. May ilang tao na hindi man lang iniisip ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Dahil ba iyon sa wala silang kapabilidad na isaalang-alang ang mga iyon? Pagdating sa kanilang sariling buhay, sobrang matipid sila, ipinagdaramot ang bawat sentimo, laging gustong bumili ng pinakamura at pinakapraktikal na mga bagay, nagtitipid saanman nila makakaya, nakikipagtawaran pa nga sa mga presyo, maingat na nagkukuwenta, halatang bihasa sa pamamahala sa buhay nila. Subalit pagdating sa paggawa ng mga bagay para sa sambahayan ng Diyos, hindi sila ganito kumilos. Gumagastos sila nang labis kapag ginagamit ang pera ng sambahayan ng Diyos, ginagastos ito kung paano man nila gustuhin, na para bang magiging pag-aaksaya ang hindi paggastos dito. Hindi ba’t tanda ito ng isang kakila-kilabot na karakter? Sobrang makasarili ng gayong mga tao, hindi man lang isinasaalang-alang ang sambahayan ng Diyos, hinahangad lang na palugurin ang kanilang sarili. Umaasa silang makalulusot sila papasok sa kaharian ng langit at magtatamo ng malalaking pagpapala sa pinakamababang halaga. Ang gayong makasarili at kasuklam-suklam na mga tao ay nagkikimkim pa rin ng gayon kalalaking ambisyon at pagnanais; ipinakikita nito na may matinding kakulangan sa kanilang karakter!

Ngayon ba ay ganap na nating napag-usapan sa ating pagbabahaginan ang pagpapamalas na ito ng mga anticristo, na kumikilos sila nang tuso at na arbitraryo at diktatoryal sila? (Oo.) Magbuod tayo kung gayon. Ang tuso na paggawa ng mga anticristo sa mga bagay-bagay, at ang kanilang pagiging arbitraryo at diktatoryal, ay dalawang magkaiba subalit magkasinglaki at magkasabay na pag-uugali na karaniwan sa kanila. Inilalantad ng pagpapamalas na ito ang dalawa sa mga pangunahing disposisyon ng mga anticristo—ang kabuktutan at pagiging malupit; parehong buktot at malupit ang mga ito. Minsan, maaaring hindi mo makita ang malupit na bahagi nila, subalit makikita mo ang buktot na bahagi nila. Maaaring kumikilos sila nang malumanay, ginagawang mahirap na makita ang alinman sa kanilang mapilit o barbarikong pag-uugali. Hindi sila mukhang mabangis sa panlabas, at hindi ka rin nila pinipilit na gawin ang anuman, subalit binibihag ka nila sa pamamagitan ng iba pang buktot na pamamaraan, minamanipula ka para makontrol nila, pinaglilingkod ka para sa kanilang mga layunin—at sa gayon ay sinasamantala ka nila. Walang kamalay-malay, nahuhulog ka sa kanilang bitag, kusang-loob na nagpapasakop sa kanilang pagmamanipula at panloloko. Bakit sila nakapagdudulot ng

gayong mga kahihinatnan? Madalas gumamit ang mga anticristo ng mga tamang pahayag at kasabihan para turuan at impluwensiyahan ka, sinusulsulan kang gawin ang ilang bagay, ipinararamdam sa iyo na tama ang lahat ng kanilang sinasabi, na dapat mo itong isakatuparan at dapat mo itong gawin sa ganitong paraan, kung hindi, mararamdaman mong lumalaban ka sa katotohanan, mararamdaman mong ang pagsuway sa kanila ay nangangahulugan ng paghihimagsik laban sa Diyos. Sa paggawa nito, kusang-loob mo silang sinusunod. Ano ang panghuling resulta nito? Kahit pa sundin ng mga tao ang kanilang mga salita at isagawa ang kanilang sinasabi, nauunawaan ba nila ang katotohanan? Mas napalalapit ba o mas napalalayo ang ugnayan nila sa Diyos? Kapag nahaharap sa mga sitwasyon, hindi lang nabibigo ang mga tao na lumapit sa Diyos at magdasal sa Kanya, kundi hindi rin nila alam kung paano hahanapin ang mga katotohanang prinsipyo sa mga salita ng Diyos, o kung paano aarukin ang mga layunin at hinihingi ng Diyos. Sa halip, gumagawa sila ng isang hindi kapani-paniwalang pahayag: “Napakaraming taon na akong nananampalataya sa Diyos, kadalasang sumasandig sa mga lider para sa suporta at panustos. Anuman ang mangyari, hangga’t ang mga lider ay nakikipagbahaginan, may daan pasulong. Hindi ito maaari kung wala ang mga lider.” Maraming taon na silang nananampalataya sa Diyos subalit ganito lang ang tayog nila, hindi pa rin nila kayang kumilos kung wala ang mga lider. Hindi ba iyon kaawa-awa? Ano ang nakatagong kahulugan dito? Ang implikasyon ay na hindi nila alam kung paano magdasal sa Diyos, sumandig sa Diyos, bumaling sa Diyos, o kumain at uminom ng mga salita ng Diyos. Ang lahat ng bagay na ito ay dapat na may pagsuporta ng mga lider para maunawaan nila; maaaring palitan ng lider ang Diyos na pinanampalatayaan nila. Masasabing ang pananampalataya sa Diyos ng ganitong tao ay talagang pananampalataya sa kanyang mga lider. Nakikinig siya sa lahat ng sinasabi ng mga lider, at naniniwala sa anumang sinasabi ng mga ito. Kanino siya tunay na nananampalataya, sumusunod, at tumatalima—sa Diyos ba o sa mga lider? Hindi ba’t katulad lang ito ng mga relihiyosong tao na nananampalataya sa Panginoon sa pangalan lang, subalit sa realidad ay nananampalataya, sumusunod, at nagtitiwala sa kanilang mga pastor? Hindi ba’t ito ay pagiging kontrolado ng mga tao? Sinasamba mo ang mga lider; nakikinig ka sa kanila sa lahat ng isyu. Ito ay pananampalataya at pagsunod sa mga tao, pagiging napipigilan at kontrolado ng mga tao. Napakalinaw na nagsalita ang Diyos subalit hindi mo maunawaan ang Kanyang mga salita, at hindi mo rin alam kung paano isagawa ang mga ito, subalit nauunawaan mo ang mga diyablo at Satanas pagkatapos nilang magsabi ng ilang salita lang? Ano ba talaga ang nauunawaan mo? Minsan ay nauunawaan mo ang isang regulasyon o doktrina—maituturing ba iyon na pagkaunawa sa katotohanan? (Hindi.) Hindi iyon pagkaunawa sa katotohanan; ito ay pagkalihis. Iyon mismo iyon.

Sa pagpapamalas ng mga anticristo na kumikilos nang tuso at na arbitraryo at diktatorial, ang kanilang mga pangunahing disposisyon ay kabuktutan at pagiging malupit. Saan naipamamalas ang kanilang kabuktutan? Naipamamalas ito sa kanilang

tuso na pag-uugali. At saan naipamamalas ang kanilang pagiging malupit? (Sa pagiging arbitraryo at diktatoryal.) Pangunahin itong naipamamalas sa kanilang pagiging arbitraryo at diktatoryal, at sa pagpilit sa iba na sundin sila; ang kanilang pamimilit ay nagpapakita ng isang malupit na disposisyon. Hinihingi ng Diyos sa mga tao na magpasakop sa Kanya at sa katotohanan. Ano ang paraan ng paggawa ng Diyos? Pagkatapos ipahayag ng Diyos ang Kanyang mga salita, sinasabi Niya sa mga tao na ang pinakamahalagang bagay sa pananampalataya sa Diyos ay na dapat silang magpasakop sa katotohanan at sa mga salita ng Diyos. Alam mo ang katotohanang ito, alam mong tama ang pariralang ito, subalit pagdating sa kung magpapasakop ka ba at kung paano ka magpapasakop, ano ang saloobin ng Diyos? Mayroon kang malayang kalooban, ng karapatang pumili. Kung gusto mong magpasakop, magpasakop ka; kung ayaw mong magpasakop, hindi mo kailangang magpasakop. Gayumpaman, pagdating sa kung anong mga kahihinatnan ang maaaring idulot ng hindi pagpapasakop, kung ano ang sinisiyasat ng Diyos sa mga tao, at kung ano ang Kanyang mga kongklusyon tungkol sa kanila, walang anumang labis na ginagawa ang Diyos sa mga usaping ito. Hindi ka Niya binabalaan, binabantaan, o pinipilit, pinagbabayad ng halaga o pinarurusahan para dito. Hindi ganoon kumilos ang Diyos. Sa panahong inililigtas ng Diyos ang mga tao, kapag ipinahahayag Niya ang mga salita para tustusan ang mga tao, pinahihintulutan ng Diyos ang mga tao na magkamali, na tahakin ang maling landas, at pinahihintulutan Niya ang mga tao na maghimagsik laban sa Kanya at gumawa ng mga kahangalan. Subalit sa pamamagitan ng Kanyang mga salita at ilan sa Kanyang mga pamamaraan ng paggawa, unti-unting ipinauunawa ng Diyos sa mga tao kung ano ang Kanyang mga hinihingi, kung ano ang katotohanan, at kung ano ang tama at kung ano ang mali—halimbawa, sa pamamagitan ng pagpupungos, pagtutuwid, at pagdidisiplina, at gayundin sa pamamagitan ng mga panghihikayat. Minsan, binibigyan ka Niya ng kaunting biyaya, inaantig ang iyong kalooban, o binibigyan ka ng kaunting pagtanglaw at kaliwanagan, ipinaalam sa iyo kung ano ang tama at kung ano ang mali, kung ano talaga ang mga hinihingi ng Diyos, kung ano ang dapat na maging posisyon ng mga tao, at kung ano ang dapat isagawa ng mga tao. Habang ipinauunawa Niya ito sa iyo, binibigyan ka rin Niya ng pagpipilian. Kung sasabihin mong, “Magiging mapaghimagsik ako, magiging matigas ang ulo ko, ayaw kong piliin kung ano ang tama, ayaw kong maging tapat, gusto ko lang kumilos nang ganito!” sa huli ay ikaw ang responsable para sa sarili mong destinasyon at kalalabasan. Kailangan mong akuin ang responsabilidad para sa iyong mga pagkilos at magbayad ng halaga; walang ginagawa ang Diyos pagdating sa bagay na ito. Patas at matuwid ang Diyos. Kung kumikilos ka ayon sa Kanyang mga hinihingi at isa kang taong nagpapasakop sa Diyos, o, kung sa kabaligtaran, hindi ka kumikilos ayon sa mga hinihingi ng Diyos at hindi ka isang taong nagpapasakop sa Diyos, sa parehong kaso, saanman ang iyong magiging destinasyon, noon pa ay pauna na itong itinakda ng Diyos. Wala nang iba pang kailangang gawin ang Diyos. Hindi naman na para bang kung hindi ka kumikilos ayon sa mga hinihingi ng Diyos ngayon ay didisiplinahin, itutuwid, o parurusahan ka Niya,

magdadala sa iyo ng mga sakuna—hindi ganoon gumawa ang Diyos. Sa Diyos, hinihingi Niya sa mga tao na magpasakop para lang maipaunawa sa kanila ang katotohanan tungkol sa pagpapasakop; walang elemento ng “pamimilit.” Hindi pinipilit ng Diyos ang mga tao na magpasakop o magsagawa ng aspektong ito ng katotohanan. Samakatwid, sa paraan ng Diyos, pinamamatnugutan man Niya ang mga tao, pinamumunuan ang kanilang kapalaran, inaakay sila, o binibigyan sila ng katotohanan, ang saligan ng mga pagkilos na ito ay hindi batay sa pamimilit, ni hindi sa pangangailangan. Kung kikilos ka ayon sa mga salita ng Diyos, unti-unti mong mauunawaan ang katotohanan, at bubuti nang bubuti ang iyong kondisyon sa harap ng Diyos—mapananatili mo ang isang mabuting kondisyon, at bibigyang-liwanag ka rin ng Diyos sa mga aspekto ng pang-araw-araw na pamumuhay na hindi mo nauunawaan. Gayumpaman, kung hindi mo isinasagawa ang katotohanan, kung hindi ka nagpapasakop sa Diyos, at ayaw mong hangarin ang katotohanan, magiging napakalimitado ng iyong makakamit. Ito ang malaking pagkakaiba sa pagitan ng dalawang ito. Hindi nagpapakita ng pagkiling ang Diyos; patas Siya sa lahat. Sinasabi ng ilang tao na: “Hindi ba’t magsasagawa ako kung pipilitin lang ako ng Diyos?” Hindi namimilit ang Diyos sa mga tao; iyon ang ginagawa ni Satanas. Hindi ganoon gumawa ang Diyos. Kung makapagpapasakop ka lang sa Diyos kapag pinilit ka, ano ka na lang kung gayon? Talaga bang nagpapasakop ka sa Diyos? Hindi iyon ang uri ng pagpapasakop na ninanais ng Diyos. Ang pagpapasakop na binabanggit ng Diyos ay iyong kung saan, batay sa pagkaunawa sa katotohanan, kusang-loob na isinasagawa ng isang tao ang mga salita ng Diyos nang dahil sa konsensiya at katwiran. Ito ang likas na kahulugan ng pagpapasakop. Wala ritong pamimilit, pagpipigil, pagbabanta, o anumang uri ng paggapos o pagkontrol. Samakatwid, kapag pakiramdam mo ay labis kang nakagapos o napipilitan sa isang isyu, tiyak na hindi ito gawain ng Diyos. Sa isang banda, maaaring nagmumula ito sa mga kaisipan ng tao o sa isang baluktot na pagkaarok at mga pagpipigil na ipinataw sa sarili. Sa isa pang banda, maaaring may iba pang sumusubok na pigilan ka, ginagamit ang mga regulasyon o ilang tila tamang argumento o teorya para pigilan ka, inaakay ka na makabuo ng ilang pagkabaluktot sa iyong pag-iisip. Nagpapahiwatig ito ng isang problema sa iyong pagkaunawa. Kung pakiramdam mo ay kusa at masaya kang nagpapasakop sa Diyos, nagmumula ito sa gawain ng Banal na Espiritu at mula rin sa tunay na pagkatao, mula sa konsensiya at katwiran.

Sa sambahayan ng Diyos, may ilang tao na hindi nagpapasakop sa katotohanan, hindi nagpapasakop sa mga pagsasaayos ng gawain sa sambahayan ng Diyos, at hindi nagpapasakop sa mga pagsasaayos ng iglesia. Paano ito pinangangasiwaan ng sambahayan ng Diyos? Mayroon bang anumang pamamaraan ng sapolitang pagpapatupad na ginagamit para malutas ito? Kung ang isang lider ay hindi gumagawa ng tunay na gawain, hindi gumagawa ayon sa mga pagsasaayos ng gawain, at hindi nagsasagawa ng katotohanan, o hindi kayang gumawa ng tunay na gawain, paano ito pinangangasiwaan ng sambahayan ng Diyos? (Tinatanggal siya ng sambahayan ng Diyos.) Direkta siyang tinatanggal, subalit pinatataksik ba siya? (Hindi.) Iyong mga hindi nakagawa ng kasamaan

ay hindi pinatataksik. Pagdating naman sa mga ordinaryong kapatid, kung isinaayos na gampanan nila ang isang partikular na tungkulin at tumanggi sila, maituturing ba ito na hindi pagpapasakop? Kung hindi sila pupunta, may mahahanap pang iba; may sinuman ba na pipiliting gampanan ang isang tungkulin? (Wala.) Walang pamimilit. Kung, sa pamamagitan ng pagbabahaginan sa katotohanan, ay handa silang tumanggap at magpasakop, ayos iyon. Hindi ito itinuturing na pamimilit; ito ay pagsasaayos para kanilang gampanan ang tungkuling ito sa kondisyon na mayroon silang personal na pagpapahintulot at pagpayag. Halimbawa, mahilig magluto ang ilang tao, subalit isinasaayos na maglinis sila, at sinasabi nilang, “Kung pinaglilinis ako, maglilinis ako. Nagpapasakop ako sa mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos.” Mayroon bang anumang pamimilit dito? May anuman bang pamimilit laban sa kalooban ng isang tao? (Wala.) Isinasaayos ito nang mayroon ng kanilang pagpayag at pagpapasakop, nang hindi inilalagay ang sinuman sa isang mahirap na sitwasyon o pinipilit ang sinuman na gawin ang isang bagay. Maaaring may mga kaso rin kung saan, para sa isang partikular na tungkulin, walang sinuman ang matagpuan pansamantala, at isinasaayos ka na pansamantalang punan ito; maaaring personal na hindi ka payag dito, subalit isa itong pangangailangan para sa gawain, isa itong espesyal na kaso. Ikaw ay miyembro ng sambahayan ng Diyos, nakikibahagi ka sa pagkain mula sa sambahayan ng Diyos at ginagampanan mo ang iyong mga tungkulin doon—dahil kinikilala mo ang iyong sarili bilang isang taong nananampalataya at sumusunod sa Diyos, hindi mo ba kayang maghimagsik laban sa iyong laman sa maliit na isyung ito? Ni hindi talaga ito maituturing na pagpapasakop o paghihirap; pansamantala lang ito, hindi nito hinihingi sa iyo na gampanan ang tungkuling ito nang pangmatagalan. Nagrereklamo ang ilang tao na marumi at nakapapagod ang gawaing pinagagawa sa kanila, at ayaw nilang gawin ito. Kung sasabihin nila ito, dapat silang maitalaga sa ibang gawain kaagad. Gayumpaman, kung pasalita lang nila itong ipinahahayag subalit sila naman ay talagang handang magpasakop at handang magdusa, dapat nilang ipagpatuloy ang paggampan sa kanilang tungkulin. Angkop ba ang pamamaraang ito? (Oo.) Tama ba ang prinsipyong ito? (Oo.) Ganap na hindi pinipilit ng sambahayan ng Diyos ang mga tao laban sa kanilang kalooban. May isa pang sitwasyon kung saan ang ilang tao, anuman ang tungkuling ginagampanan nila, ay tamad, iresponsable, at walang katapatan. Minsan, palihim pa nga silang gumagawa ng masasamang bagay. Kapag hindi nila ginagampanan nang maayos ang kanilang tungkulin, nagdadahilan sila, sinasabing ang tungkulin ay hindi angkop para sa kanila, na hindi nila ito kalakasan, o na hindi nila nauunawaan ang larangan nito. Subalit ang totoo, malinaw na nakikita ng lahat na ang kanilang pagkabigong gumampan nang maayos ay hindi dahil sa mga kadahilanang ito. Paano dapat pangasiwaan ang gayong mga tao? Kung hihilingin nilang gumampan ng tungkulin sa ibang lugar, dapat ba itong pagbigyan? (Hindi.) Kung gayon ano ang dapat gawin? Hindi angkop ang gayong mga tao para sa paggampan ng mga tungkulin; ginagawa nila ito nang mabigat sa loob at nang walang tamang saloobin, kaya dapat silang paalisin. May isa pang uri ng tao na nahihirapan at nagiging palabán sa sandaling sabihan silang gampanan ang

isang tungkulin. Lubhang tutol at napipilitan sila, halos hindi nila mapigilan ang kawalang-kasiyahan nila, iniisip na, “Mananatili lang ako rito nang hindi kapansin-pansin at iraraos ko lang ang ilang taon, sino ang nakaaalam kung saan ako hahantong pagkatapos nito!” Hindi dapat pahintulutang gumampan ng mga tungkulin ang mga taong may gayong mga layunin, at kahit pa gusto nilang gampanan ang iba pang mga tungkulin, hindi ito pinahihintulutan. Dapat pangasiwaan nang mariin ang ganitong mga kaso. Bakit ganito? Dahil nababatid ang kanilang diwa—sinasabi ng mga nakauunawa sa kanila na sila ay mga hindi mananampalataya; sinasabi rin ng mga tao sa paligid nila na hindi sila angkop sa paggampan ng mga tungkulin. Ang gayong mga tao ay mga walang pananampalataya, at dapat silang paalisin. Kung hindi, makapagdudulot lang sila ng mga kaguluhan, makagagawa ng mga maling gawa, at makapipinsala sa hinirang na mga tao ng Diyos sa loob ng iglesia, na lubos na hindi katanggap-tanggap. Dapat pangasiwaan ang gayong mga kaso ayon sa mga prinsipyo kung paano tratuhin iyong mga gumagampan ng mga tungkulin sa iglesia; ang pag-ayaw nila ay hindi isang konsiderasyon. Pamimilit ba ito? Hindi ito pamimilit; ito ay pagkilos ayon sa mga prinsipyo, pagtataguyod sa mga interes at sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Tungkol ito sa pagpapaalis sa mga hindi mananampalataya at sa mga nariyan lang para maging pabigat sa sambahayan ng Diyos. Kung gusto mong maging pabigat, gawin mo ito sa ibang lugar, hindi rito. Ang sambahayan ng Diyos ay hindi isang tahanan sa pagreretiro; hindi nito sinusupportahan ang mga walang iniaambag. Nauunawaan mo ba?

May ilang anticristo na napakahusay na ikinukubli ang kanilang sarili, nakangiti lang nang hindi nagsasalita kapag may nakikita sila, nananatiling tahimik sa maraming isyu, nagkukunwaring malalim at hindi nagpapahayag ng anumang paninindigan. Sa una mong pakikisalamuha sa kanila, hindi mo madaling makikita kung sino talaga sila; maaari mo pa ngang isiping mga bigating tao sila at kahanga-hanga sila. Paano mo makikilatis ang gayong mga anticristo? Dapat mong pagmasdang mabuti at obserbahan kung ano talaga ang gusto nila, kung ano ang pinagtutuunan nila ng pansin, kung ano ang mga pinagkakainteresan nila, at kung kanino sila nakikipag-ugnayan. Sa pagmamasid sa mga aspektong ito, magkakaroon ka ng pagkaunawa sa kanila. Bukod pa rito, may isang bagay na kailangan ninyong malaman lahat: Anuman ang antas ng isang lider o manggagawa, kung sinasamba ninyo siya dahil sa pagkaunawa sa katiting na katotohanan at sa pagkakaroon ng kaunting kaloob, at naniniwala kang taglay niya ang katotohanang realidad at matutulungan ka niya, at kung titingalain mo siya at umaasa ka sa kanya sa lahat ng bagay, at sa pamamagitan nito, sinusubukan mong matamo ang kaligtasan, kahangalan at kamangmangan ito. Sa huli, ang lahat ng ito ay mauuwi lang sa wala, dahil ang pinagsimulan mo ay likas na mali. Kahit gaano pa karaming katotohanan ang nauunawaan ng isang tao, hindi siya makahahalili kay Cristo, at kahit gaano pa karami ang kaloob ng isang tao, hindi ibig sabihin nito na taglay niya ang katotohanan—kaya ang sinumang sumasamba, tumitingala, at sumusunod sa ibang tao ay ititiwalag at kokondenahin lahat sa huli. Ang mga nananampalataya sa Diyos ay

maaari lamang tingalain at sundan ang Diyos. Ang mga lider at manggagawa, anuman ang kanilang ranggo, ay mga karaniwang tao pa rin. Kung itinuturing mo sila bilang mga direktang nakatataas sa iyo, kung sa pakiramdam mo ay nakalalamang sila kaysa sa iyo, na mas magaling sila kaysa sa iyo, at na dapat ka nilang pamunuan, na nakahihigit sila sa lahat ng iba pa sa lahat ng paraan, mali ka—isa iyong kahibangan. At anong mga kahihinatnan ang idudulot sa iyo ng kahibangang ito? Magiging dahilan ito para sukatin mo ang iyong mga lider laban sa mga hinihingi na hindi naaayon sa realidad, at hindi mo magagawang tratuhin nang tama ang mga problema at pagkukulang na mayroon sila; kasabay nito, nang hindi mo namamalayan, maaakit ka rin nang lubusan sa kanilang pagiging kabigha-bighani, mga kaloob, at mga talento, kaya bago mo pa malaman, sinasamba mo na sila, at sila na ang iyong diyos. Ang landas na iyon, mula pa nang nagsisimula na silang maging huwaran mo, pakay ng pagsamba mo, hanggang sa maging isa ka sa kanilang mga tagasunod, ang aakay sa iyo palayo sa Diyos nang hindi mo namamalayan. At kahit habang unti-unti kang lumalayo sa Diyos, maniniwala ka pa rin na sumusunod ka sa Diyos, na ikaw ay nasa Kanyang sambahayan, na ikaw ay nasa Kanyang presensiya, samantalang ang totoo, nakuha ka na pala ng mga alipin ni Satanas, ng mga anticristo. Ni hindi mo ito mararamdaman. Isa itong lubhang mapanganib na kalagayan. Para malutas ang problemang ito, sa isang bahagi, nangangailangan ito ng abilidad na matukoy ang kalikasang diwa ng mga anticristo, at ng abilidad na mahalata ang pangit na itsura ng pagkamuhi ng mga anticristo sa katotohanan at ng paglaban nila sa Diyos; gayundin, kinakailangang maging pamilyar sa madadalas na gamiting diskarte ng mga anticristo sa panlilihis at panlilinlang ng mga tao, pati na sa paraan kung paano nila ginagawa ang mga bagay-bagay. Ang isa pang bahagi ay na dapat ninyong hangaring malaman ang disposisyon at diwa ng Diyos. Dapat maging malinaw sa inyo na si Cristo lamang ang katotohanan, ang daan, at ang buhay, na ang pagsamba sa kaninumang tao ay magdudulot sa inyo ng kapahamakan at kasawian. Dapat magtiwala kayo na si Cristo lamang ang makapagliligtas sa mga tao, at dapat kayong sumunod at magpasakop kay Cristo nang may lubos na pananalig. Ito lamang ang tamang landas ng buhay ng tao. Maaaring sabihin ng ilan: “May mga dahilan ako sa pagsamba sa mga lider—sa puso ko, natural kong sinasamba ang sinumang may talento. Sinasamba ko ang sinumang lider na naaayon sa aking mga kuru-kuro.” Bakit mo ipinipilit na sambahin ang tao bagaman nananampalataya ka sa Diyos? Matapos ang lahat, sino ba ang magliligtas sa iyo? Sino ba ang tunay na nagmamahal sa iyo at nagpoprotekta sa iyo—hindi mo ba talaga nakikita? Kung nananampalataya ka sa Diyos at sinusundan mo ang Diyos, dapat kang makinig sa Kanyang salita, at kung may nagsasalita at gumagawa nang wasto, at umaayon ito sa mga katotohanang prinsipyo, magpasakop ka na lang sa katotohanan—hindi ba’t ganoon lang iyon kasimple? Bakit napakababa mo? Bakit ka nagpupumilit na humanap ng isang taong sinasamba mo para sundan? Bakit mo ba gustong maging alipin ni Satanas? Bakit hindi ka na lang maging isang lingkod ng katotohanan? Dito, nakikita kung may katwiran at dignidad ang isang tao. Dapat magsimula

ka sa sarili mo: Sangkapan mo ang iyong sarili ng lahat ng uri ng katotohanan, magawa mong tukuyin ang sari-saring paraan kung paano naipapamalas ang iba't ibang bagay at tao, alamin kung ano ang kalikasan ng iba't ibang pag-uugali ng mga tao at kung anong disposisyon ang ipinamamalas nila, matutuhang kilalanin ang pagkakaiba ng mga diwa ng iba't ibang tao, maging malinaw tungkol sa kung anong uri ng mga tao ang nasa paligid mo, kung anong uri kang tao, at kung anong uri ng tao ang iyong lider. Sa sandaling makita mo ang lahat ng ito nang malinaw, magagawa mo nang tratuhin ang mga tao sa tamang paraan, ayon sa mga katotohanang prinsipyo: Kung mga kapatid sila, tatrathin mo sila nang may pagmamahal; at kung hindi naman sila mga kapatid kundi masasamang tao, mga anticristo, o mga hindi mananampalataya, didistansya ka at tatalikdan sila. At kung sila ay mga taong nagtataglay ng katotohanang realidad, bagama't maaaring hinahangaan mo sila, hindi mo sila sasambahin. Walang sinumang makahahalili kay Cristo; si Cristo lamang ang praktikal na Diyos. Si Cristo lang ang makapagliligtas sa mga tao, at tanging sa pagsunod kay Cristo mo matatamo ang katotohanan at buhay. Kung malinaw mong nakikita ang mga bagay na ito, mayroon kang tayog at malamang ay hindi ka maililihis ng mga anticristo, ni hindi mo kailangang matakot na mailihis ng mga anticristo.

Nababahala ang ilang tao kapag nakikita nila ang ilang anticristo na nabubunyag at natitiwalag, sinasabi na: “Bagaman tila hindi masasamang tao sa panlabas ang mga anticristo, bakit kapag kinilatis ang mga bagay na ginagawa nila ay lumalabas na napakasama nila? Tila talaga ngang tuso ang mga anticristo. Subalit may mahina akong kakayahan, at kung makatatagpo akong muli ng gayong mga anticristo, natatakot akong hindi ko sila makikilatis. Paano ako dapat mag-ingat laban sa mga anticristo?” Kahit pa may mahina kang kakayahan, hindi mo kailangang palaging mag-alala na mailihis o palaging isipin kung paano mag-ingat laban sa kanila. Kailangan mo lang tumuon sa pag-unawa sa katotohanan, magbasa ng mas marami pang salita ng Diyos, at kapag mayroon kang oras, seryosong pagbulayan ang masasamang gawa na isinakatuparan ng mga anticristo, itinatanong sa iyong sarili, “Saan naroroon ang kanilang kasamaan? Ano ang nagtulak sa kanila na gumawa ng gayong kasamaan? Makagagawa ba ng gayong kasamaan ang mga ordinaryong tao? Paano sila kinikilatis ng mga nakauunawa sa katotohanan? Paano ko sila makikilatis?” Kapag malinaw mo nang nakikita ang diwa ng mga tao sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos, mauunawaan mo na ang lahat. Sa palagi mong pag-iisip sa mga bagay na ito, hindi mo mamamalayang matututo ka nang kumilatis, at likas ka nang makakikilatis kapag naharap kang muli sa mga anticristo na sumusubok ilihis ang mga tao. Kinakailangan nito na pagdaanan ang maraming karanasan; hindi ito isang bagay na matututuhan mo sa pakikinig lang sa mas maraming sermon. Tulad ito ng pagkakamit ng karanasan sa lipunan pagkatapos masamantala nang sobra o magdusa ng napakaraming kawalan—“isang pagkahulog sa hukay, isang karagdagan sa iyong karunungan.” Pareho itong ideya. Sa ating pananampalataya sa Diyos, ang pangunahing bagay ay ang maunawaan ang katotohanan. Mas maraming

katotohanan ang iyong nauunawaan, mauunawaan mo ang tunay na kalikasan ng mas maraming bagay. Kung wala kang nauunawaang anumang katotohanan, kahit ang pagkakaroon ng kaalaman ay walang silbi. Kung kaalaman lang ang mayroon ka, hindi mo mauunawaan ang tunay na kalikasan ng anumang bagay; ang iyong mga pananaw ay katulad ng sa mga sekular na tao, at anuman ang iyong punahin ay magiging kalokohan at mga panlilinlang. Huwag kang mag-alala kung hindi mo makilatis ang ilang tao sa ngayon. Kapag naunawaan mo na ang katotohanan, natural kang magkakaroon ng pagkilatis. Sa ngayon, tumuon ka lang sa maayos na paggawa sa sarili mong tungkulin, kumain at uminom ka ng mas marami pang salita ng Diyos, at mas pagbulayan mo pa ang katotohanan. Pagdating ng araw na nauunawaan mo na ang katotohanan, makikilatis mo na ang mga tao. Sa pagmamasid lang sa pag-uugali ng isang tao, malalaman mo na kung ano ang nangyayari sa kanya sa iyong puso; sa pakikinig lang sa isang tao na mag-ulat tungkol sa isang isyu, makikita mo na ang diwa ng isyu; at sa pakikinig lang sa mga kaisipan at pananaw ng isang tao, malalaman mo na ang kanyang tayog. Nang walang labis na pagsisikap, mauunawaan mo ang lahat tungkol sa anumang bagay o tao—ito ang resulta ng pagkaunawa sa katotohanan. Gayumpaman, kung hindi mo hinahangad ang katotohanan, kundi sa halip ay umaasa ka sa iyong imahinasyon para tasahin ang mga tao, sambahin sila, sandigan sila, at pikit-matang bolahin sila, at kung hindi mo tatahakin ang landas ng paghahangad sa katotohanan, ano ang magiging resulta sa huli? Magagawa kang ilihis ng sinuman; hindi mo makikilatis ang sinuman, kahit pa ang pinakahalatang anticristo. Lolokohin ka niya, at hahangaan mo pa rin siya sa kanyang abilidad, liligid ka sa kanya araw-araw. Kung gayon, ikaw ay tunay na isang tao na magulo ang isip, at masasabi talaga na nananampalataya ka sa isang malabong diyos, hindi sa praktikal na Diyos, at ikaw ay talagang hindi isang taong naghahangad sa katotohanan.

May ilang tao, kahit pagkatapos nilang makinig sa ilang sermon tungkol sa pagkilatis sa mga anticristo, ang hindi pa rin kayang matukoy ang mga ito. Nauunawaan lang nila ang ilang pamamaraan ng pagkilatis subalit kulang sila sa totoong karanasan. Kapag talagang nahaharap na sila sa masasamang gawa ng mga anticristo, nabibigo silang muli na matukoy ang mga ito. Bagaman hindi nila matukoy ang mga anticristo pagkatapos makinig sa mga sermon, ikinukumpara nila ang sarili nila sa kanilang narinig at unti-unti silang nagsisimulang makaramdam na tulad sila ng isang anticristo. Sa kalaunan, naniniwala sila na sila mismo ay mga anticristo. Walang mali sa ganitong uri ng pagkilatis. Ganap nilang nalalaman ang mga detalye sa pagkilala sa mga anticristo, subalit kulang lang sila sa mga prinsipyo ng paglalarawan. Ito ay hindi isang malaking isyu; ipinakikita nito na naging mabisa ang pakikinig nila sa mga sermon. Bagaman hindi pa nila natutukoy ang mga tunay na anticristo, nakilatis na nila ang sarili nila, na isang mabuting bagay rin. Inililigtas muna nila ang sarili nila, at iniwasang maging mga anticristo, na isang mabungang kinahihinatnan ng pakikinig sa mga sermon na ito na naglalandad sa mga anticristo. Ang abilidad na makilatis ang sarili bilang isang anticristo ay hindi simple; ang gayong pagkilatis ay kinasasangkutan ng detalyadong pagmamasid, at naniniwala

Ako na ito ay maituturing nang pagkakaroon ng pagkilatis. Ang pagkilatis sa sarili ngayon ay isang mabuting bagay; hindi pa huli ang lahat para gawin ito. Kapag nakagawa ka ng kasamaan o nagdulot ka ng mga sakuna at pagkatapos ay nailarawan ka bilang isang anticristo, magiging huli na ang lahat. Kung mayroon kang pagkilatis sa sarili mo ngayon, sa pinakamalala, nangangahulugan itong nagpapakita ka ng mga katangiang katulad ng sa mga anticristo, na tinatahak mo ang landas ng mga anticristo, at na pinili mo ang maling landas—maaari ka lang ilarawan sa ganitong paraan. May oras pa para magbago ng landas, subalit mapanganib kung pipiliin mong huwag magbago. Ang paksa ng pagkilatis sa mga anticristo ay maraming beses nang napagbahaginan, at sa ngayon ay may mga tao nang talagang nakakikilatis. Natutukoy nila ang sarili nilang mga anticristong disposisyon na kanilang ibinubunyag, na isang resulta at nagpapatunay na sila ay nagkaroon na ng pagkilatis. Kung bukod dito ay kaya pa nilang makita ang pagkakaiba sa pagitan ng mga nagtataglay ng kalikasang diwa ng mga anticristo at niyong mga mayroon lang mga anticristong disposisyon, ganap na mapagdadalubhasaan na nila ang pagkilatis. Ito ay isang bagay na malapit nang makamit, kaya't hindi na kailangang mabalisa. Kung kaya ng mga tao na kilatisin ang sarili nilang mga anticristong disposisyon, matukoy kung tinatahak ba nila ang landas ng mga anticristo, at maunawaan kung ano ang kalikasang diwa ng mga anticristo, natutunan na nila kung paano kilatisin ang mga anticristo. Ang abilidad na makakilatis ng mga anticristo ay hindi tungkol sa kung gaano karaming taon nang nananampalataya ang isang tao sa Diyos, kundi kung kaya bang pagsikapan ng isang tao ang katotohanan at maunawaan ito. May mga tao na maraming taon nang nananampalataya sa Diyos at nakapakinig na sa maraming sermon tungkol sa paglalantad sa mga anticristo, subalit hindi pa rin talaga nagbabago ang kanilang mga anticristong disposisyon at pagpapamalas. Gaano man Ako magbahagi ng katotohanan, nananatili silang walang malay. Maaaring nakakakita sila ng pagkakatulad sa nilalaman ng pagbabahaginan sa sandaling iyon, subalit pagdating sa pagkilos o paggawa ng kanilang mga tungkulin, bumabalik sila sa kanilang mga dating gawi. Hindi ba't nakagugulo at mapanganib ito para sa gayong mga tao? Napakamapanganib nito! Paano man Ako makipagbahaginan, gaano man nila sinisisi ang kanilang sarili o gaano man sila nababagabag sa oras ng pakikinig sa Akin, hindi man lang sila nagbabago pagkatapos. Hindi nila pinagninilayan kung bakit palagi silang nagtataas ng ranggo at naglililang ng mga taong nambobola at nanlalangis, ni pinagninilayan nila kung bakit tinatrato nila ang iba hindi batay sa mga prinsipyo, kundi ayon sa sarili nilang mga kapritso. Hindi sila nasusulasok sa mga taong gusto nila, kahit pa masama o hindi mabuti ang mga ito, at patuloy nilang itinataas ang ranggo at ginagamit ang mga ito. Lalong hindi nila pinagninilayan kung bakit hindi talaga nila hinahangad ang katotohanan at kung bakit nila tinatahak ang landas ng mga anticristo. Mapanganib ang paggawa ng napakaraming kasamaan nang walang anumang tunay na pagninilay o pagbabago. Sa mga pagtitipon kamakailan, ang pagbabahaginan ay tungkol sa paglalantad sa mga disposisyon at diwa ng mga anticristo. Ang disposisyon ng mga anticristo ay mas nakatago at buktot kaysa sa

mga karaniwang nakikitang tiwaling disposisyon. Tutol ang mga anticristo sa katotohanan, namumuhi sila sa katotohanan, at ganap na hindi nila kayang tanggapin ang katotohanan o ang paghatol at pagkasting ng Diyos. Ano kung gayon ang kahihinatnan, ang katapusan ng mga anticristo? Siguradong matitiwalag sila. Paano inilalarawan ng Diyos ang mga anticristo? Bilang iyong mga namumuhi sa katotohanan at sumasalungat sa Diyos—mga kaaway sila ng Diyos! Ang pagsalungat sa katotohanan, pagkamuhi sa Diyos, at pagkamuhi sa lahat ng positibong bagay—hindi ito ang panandaliang kahinaan o kahangalan na makikita sa mga ordinaryong tao, ni ang pagpapakita ng mga maling kaisipan at pananaw na lumilitaw sa isang sandali ng baluktot na pagkaarok; hindi ito ang problema. Ang problema ay na sila ay mga anticristo, ang mga kaaway ng Diyos, na namumuhi sa lahat ng positibong bagay at sa buong katotohanan; sila ay mga karakter na namumuhi at sumasalungat sa Diyos. Ano ang tingin ng Diyos sa gayong mga karakter? Hindi sila inililigtas ng Diyos! Hinahamak at kinamumuhian ng mga taong ito ang katotohanan, may kalikasang diwa sila ng mga anticristo. Nauunawaan ba ninyo ito? Ang inilalantad dito ay kabuktutan, kalupitan, at pagkamuhi sa katotohanan. Ito ang pinakamalala sa mga satanikong disposisyon sa mga tiwaling disposisyon, na kumakatawan sa mga pinakakaraniwan at pinakaesensiyal na katangian ni Satanas, hindi ang mga tiwaling disposisyon na ipinapakita ng ordinaryong tiwaling sangkatauhan. Ang mga anticristo ay isang puwersang laban sa Diyos. Maaari nilang guluhin at kontrolin ang iglesia, at mayroon silang kapasidad na lansagin at gambalain ang gawain ng pamamahala ng Diyos. Hindi ito isang bagay na kayang gawin ng mga ordinaryong tao na may tiwaling disposisyon; ang mga anticristo lang ang may kapabilidad na gumawa ng gayong mga kilos. Huwag ninyong maliitin ang bagay na ito.

Lahat ng masamang tao ay may buktot na disposisyon. Ang ilang kabuktutan ay naipapahayag sa pamamagitan ng malulupit na disposisyon, tulad ng madalas na pananakot sa mga taong totoo, pagtrato sa kanila sa paraang mapanuya o sarkastiko, laging paggawa sa kanila bilang katatawanan, at pananamantala sa kanila. Ang masasamang tao ay yumuyukod sa paggalang kapag nakakakita sila ng isa pang masamang tao, ngunit kapag nakakakita sila ng mahinang tao, tinatapakan nila ito at pinagmamalupitan. Lubos na malupit at buktot na mga tao ang mga ito. Sinumang nananakot o nanunupil ng mga Kristiyano ay isang diyablong nagpapanggap na tao; halimaw siya na walang kaluluwa, at ang reinkarnasyon ng isang masamang diyablo. Kung may mga tao sa pulutong ng masasamang tao na hindi nananakot ng mga taong totoo, na hindi pinagmamalupitan ang mga Kristiyano, na pinakakawalan lamang ang kanilang poot sa mga taong pumipinsala sa kanilang sariling interes, ang mga taong ito ay itinuturing na mabubuting tao sa gitna ng mga walang pananampalataya. Ngunit paano naiiba ang kabuktutan ng mga anticristo? Ang kabuktutan ng mga anticristo ay pangunahing naipapamalas sa kanilang partikular na hilig na makipagkompetensiya. Nangangahas silang makipagpaligsahan sa Langit, makipagpaligsahan sa lupa, at makipagpaligsahan sa ibang mga tao. Hindi lamang nila hindi pinahihintulutan ang iba

na apihin sila, kundi inaapi at pinahihirapan din nila ang iba. Araw-araw, pinag-iisipan nila kung paano pahihirapan ang mga tao. Kung naiinggit sila o namumuhi sa isang tao, hindi nila iyon pinalalampas. Ito ang mga paraan kung saan buktot ang mga anticristo. Saan pa naipamamalas ang kabuktutang ito? Makikita ito sa kanilang tusong paraan ng paggawa sa mga bagay-bagay—nahihirapan ang mga taong may kaunting utak, kaunting kaalaman, at kaunting karanasan sa lipunan na arukin ang mga ito. Ginagawa nila ang mga bagay sa napakatuso na paraan, at umaangat ito sa kabuktutan; hindi ito pangkaraniwang panlilinlang. Maaari silang maglaro ng mga laro sa dilim at manloko, at gawin iyon nang mas mahusay kaysa sa karamihan ng mga tao. Hindi kaya ng karamihan sa mga tao na makipagkompetensiya sa kanila at hindi rin kaya ng mga ito na makitungo sa kanila. Isa itong anticristo. Bakit Ko sinasabing hindi sila kayang pakitunguhan ng mga ordinaryong tao? Dahil sukdulan na ang kanilang kabuktutan kaya nagtataglay sila ng matinding kapangyarihang ilihis ang mga tao. Kaya nilang mag-isip ng lahat ng uri ng paraan para sambahin at sundin sila ng mga tao. Kaya rin nilang pagsamantalahan ang lahat ng uri ng tao para guluhin at pinsalain ang gawain ng iglesia. Sa gayong mga sitwasyon, paulit-ulit na nagbabahagi ang sambahayan ng Diyos tungkol sa bawat uri ng pagpapamalas, disposisyon, at diwa ng mga anticristo, upang matukoy sila ng mga tao. Kinakailangan ito. Hindi ito nauunawaan ng ilang tao, at sinasabing, “Bakit laging nagbabahaginan tungkol sa kung paano matukoy ang mga anticristo?” Dahil kayang-kayang ilihis ng mga anticristo ang mga tao. Kaya nilang ilihis ang maraming tao, na parang nakamamatay na salot, na maaaring puminsala at pumatay sa marami sa isang biglaang pagsilakbo, dahil nakakahawa ito; lubhang nakakahawa ito at malayo ang naaabot, at ang bilis ng pagkahawa rito at ang pagkamatay sanhi nito ay masyadong mataas. Hindi ba matindi ang mga kahihinatnang ito? Kung hindi Ako makikipagbahaginan nang ganito sa inyo, makakawala ba kayo mula sa pagkalihis at pagpigil ng mga anticristo? Tunay ba kayong makababaling sa Diyos at makapagpapasakop sa Kanya? Napakahirap nito. Kapag nagbubunyag ang mga ordinaryong tao ng isang mapagmataas na disposisyon, sa pinakamalala, ipinakikita nito sa iba ang pangit na kalagayan ng kanilang pagmamataas. Minsan ay nagyayabang sila, minsan ay nagmamalaki at nagpapasikat sila, at minsan ay gustong-gusto nilang igiit ang kanilang katayuan at pangaralan ang iba. Subalit ganito ba ang mga anticristo? Sa panlabas, maaaring tila hindi nila iginigiit o gustong-gusto ang kanilang katayuan, maaaring mukhang hindi sila interesado sa katayuan kahit kailan, subalit sa kaibuturan nila, may matinding pagnanais sila para dito. Ito ay tulad ng ilang emperador o bandidong panginoon ng mga walang pananampalataya: Kapag nakikipaglaban para sa kanilang lupain, dumaranas sila ng mga paghihirap kapiling ang kanilang mga kasamahan, nang tila mapagpakumbaba sila at hindi ambisyoso. Subalit nakita mo na ba ang mga pagnanais na nakatago sa kaibuturan ng kanilang puso? Bakit kaya nilang tiisin ang gayong mga paghihirap? Ang mga pagnanais nila ang nagpapalakas sa kanila. Nagtataglay sila ng malaking ambisyon sa kanilang kalooban, handang tiisin ang anumang pagdurusa

o kayanin ang anumang paninirang-puri, pang-aalipusta, pagkakasala, at pang-iinsulto para balang araw ay makaakyat sila sa trono. Hindi ba't tuso ito? Kaya ba nilang ipaalam sa sinuman ang tungkol sa ambisyong ito? (Hindi.) Ikinukubli nila ito at itinatago. Ang nakikita sa labas ay isang taong kayang tiisin ang hindi kayang tiisin ng iba, na kayang tiisin ang mga di-matiis na paghihirap, na mukhang matibay, walang ambisyon, simple, at mabuti sa mga nakapaligid sa kanya. Subalit sa araw na umakyat siya sa trono at makamit ang tunay na kapangyarihan, para patatagin ang kanyang awtoridad at pigilan ang pang-aagaw ng kapangyarihan, pinapatay niya ang lahat ng nagdusa at nakipaglaban kasama niya. Kapag lang nabunyag na ang katotohanan, saka mapagtatanto ng mga tao kung gaano siya katuso. Kapag nagbalik-tanaw ka at nakita mong ang lahat ng kanyang ginawa ay dulot ng ambisyon, matutuklasan mong ang kanyang disposisyon ay may kabuktutan. Anong taktika ito? Ito ay pagiging tuso. Ito ang disposisyon kung paano kumikilos ang mga anticristo. Magkauri ang mga anticristo at ang mga diyablong hari na nagtataglay ng opisyal na kapangyarihan; hinding-hindi sila maghihirap at magtitiis sa iglesia nang walang dahilan kung hindi sila makakukuha ng kapangyarihan at katayuan. Sa madaling salita, ang mga taong ito ay ganap na hindi kontento sa pagiging mga ordinaryong tagasunod, pakikipagkompromiso sa sambahayan ng Diyos bilang mga karaniwang sumasamba sa Diyos, o paggawa ng ilang tungkulin nang tahimik at hindi nakikita; tiyak na aayawan nilang gawin ito. Kung ang isang taong may katayuan ay tinanggal dahil tinahak niya ang landas ng isang anticristo, at iniisip niyang, "Wala na akong katayuan ngayon, deretso na lang akong kilos bilang isang ordinaryong tao, gagawin ang anumang tungkulin na magagawa ko; maaari pa rin naman akong manampalataya sa Diyos gaya ng dati nang walang katayuan," anticristo ba siya? Hindi, ang taong ito ay minsang tumahak sa landas ng isang anticristo, minsang tumahak sa maling landas dahil sa panandaliang kahangalan, subalit hindi siya isang anticristo. Ano ang gagawin ng isang tunay na anticristo? Kapag nawala ang kanyang katayuan, hindi na siya mananampalataya. Hindi lang iyon, kundi mag-iisip din siya ng iba't ibang paraan para ilihis ang iba, pasambahin at pasunurin ang iba sa kanya, para matupad ang kanyang ambisyon at pagnanais na magkaroon ng kapangyarihan. Ito ang pagkakaiba sa pagitan ng mga tumatahak sa landas ng mga anticristo at ng mga aktuwal na anticristo. Kinikilatis at hinihimay natin itong mga disposisyong diwa at mga pagpapamalas ng mga anticristo dahil napakaseryoso ng kalikasan ng isyung ito. Karamihan sa mga tao ay hindi makakilatis ng mga anticristo. Hindi lang ang mga ordinaryong kapatid, maging ang ilang lider at manggagawa na nag-aakalang nauunawaan nila ang kaunting katotohanan ay hindi pa lubusang napagdadalubhasaan ang pagkilatis sa mga anticristo. Mahirap sabihin kung gaano kalaki na ang kanilang pagkadalubhasa, na nagpapahiwatig na masyadong mababa ang kanilang tayog. Tanging iyong mga taong tumpak na nakakikilatis sa mga anticristo ang mga taong may tunay na tayog.

Ano ang isang malaking isyu na kinahaharap ninyong lahat ngayon? Karamihan sa mga tao ay hindi nakakikilatis at madaling naililihis ng mga huwad na lider at anticristo,

na lubhang mapanganib kung hindi malulutas. Kaya, hinihingi Ko na matuto kayong makita ang pagkakaiba ng iba't ibang uri ng tao. Kilatisin ninyo kung anong disposisyon ang kinakatawan ng iba't ibang pag-uugali at pahayag ng mga tao, at batay sa mga ito, kilatisin ninyo ang diwa ng taong iyon. Bukod pa roon, kailangan ninyong magawang makita ang pagkakaiba ng kung ano ang katotohanang realidad at ng kung ano ang mga salita at doktrina lang. Kung hindi ninyo makikilatis ang mga ito, hindi kayo makapapasok sa katotohanang realidad. Paano kayo magkakaroon ng landas para makapasok sa realidad nang walang pagkilatis? May ilang lider at manggagawa na bumibigkas lang ng mga salita at doktrina, iniisip na ang pag-unawa sa mga salita at doktrina ay nangangahulugang nagtataglay sila ng realidad. Kaya, habang bumibigkas ng mga salita at doktrina, kontento sila at nadarama nila na napangatwiran sila, at lalo silang nagiging mas masigasig. Subalit kapag dumarating sa kanila ang mga tukso, nabibigo sila at, nang ni hindi nila nalalaman kung paano sila nabigo, sinasabi pa rin nilang, "Bakit hindi ako pinrotektahan ng Diyos?" Hindi ba't isa itong kahiya-hiyang kabiguan? Kaya, may ilang lider at manggagawa na palaging nagsasalita tungkol sa mga salita at doktrina—nakikilatis ba ninyo ito? (Hindi.) Minsan naririnig Ko mula sa ilang kapatid na ang ilang lider ay nagsasalita lang tungkol sa mga salita at doktrina at hindi angkop na maging mga lider, at hinihiling nilang tanggalin ang mga ito. Gayumpaman, pagkatapos silang sabihang pumili ng isang bagong lider, karamihan sa mga tao ay walang pagkilatis, at ang mga nahalal na lider at manggagawa ay iyong mga nagsasabi lang din ng mga salita at doktrina nang walang gaanong realidad. Ito ay isang napakaseryosong isyu, isang napakahirap na isyu. Kapag nakikinig kayo sa Aking mga salita ng pagbabahagi tungkol sa mga isyu na ito, may nakikilatis ba kayong anumang pagkakaiba sa sinasabi ng mga ordinaryong lider? Kung nakikilatis mo ang pagkakaiba, alam mo kung ano ang katotohanang realidad. Kung hindi mo ito nakikilatis at iniisip mong pareho lang ito, iniisip na, "Natuto rin kaming magsalita ng mga salita ng Diyos, at ang sinasabi namin ay kapareho ng sinasabi ng Diyos," kung gayon ay may problema iyon. Pinatutunayan nitong hindi mo talaga nauunawaan ang katotohanan, alam mo lang kung paano gayahin ang mga salita ng Diyos at bigkasin ang ilan sa mga ito, nang hindi talaga nauunawaan ang katotohanan. Karamihan sa mga anticristo ay nagtataglay ng mga partikular na kaloob at ng mahusay na pananalita, na nagbibigay sa kanila ng kapital para ilihis ang mga tao. Kaakibat ng kanilang buktot na disposisyon at mga mapagmanipulang paraan ng pananalita at pagkilos, talagang nagagawa nilang ilihis ang mga tao. Kung kaya lang ninyo na bumigkas ng mga salita at doktrina at hindi ninyo nakikilatis kung ano ang katotohanang realidad, maililihi lang kayo ng mga anticristo. Ito ay isang bagay na lampas sa inyong kontrol! Para sa mga hindi nakauunawa sa katotohanan, imposibleng hindi sila mailihis ng mga anticristo, sa kabila ng kung ano ang kanilang kagustuhan. Ang paglaya mula sa impluwensiya ni Satanas ay hindi simpleng bagay, hindi ba?

Hunyo 11, 2019

Ikapitong Aytem: Sila ay Buktot, Lihim na Mapanira, at Mapanlinlang (Unang Bahagi)

Karagdagang Babasahin: Pangangasiwa sa Insidenteng Kagagawan ng Anticristo sa Canada

Ano ang sitwasyon ngayon ng mga tao sa pagganap sa kanilang tungkulin sa iglesia sa Canada? Nakikilatis ba ninyo ang anticristo na si Yan? May nakikita ba kayong anumang mga problema sa paraan ng pagsasalita at pagkilos ni Yan? (Sa panahong iyon, wala akong nakitang anumang mga problema, inisip ko lang na hindi niya sinusubaybayan ang mga gawain. Wala talaga akong gaanong alam tungkol sa ibang bagay.) Puwedeng magpatuloy ang kasunod na tao. (Wala akong masyadong ugnayan kay Yan. Dumalo ako sa ilang pagtitipon kasama siya dalawang taon na ang nakalipas, pero hindi ko na siya nakasalamuha pagkatapos niyon.) Lider ng iglesia ninyo si Yan, paanong wala sa mga pangkat ninyo ang may pakikisalamuha sa kanya? Dahil ba natuklasan na may mga problema siya ngayon at sinusubukan ninyong iwasan ang mga responsabilidad ninyo, o talagang hindi na ninyo siya nakakasalamuha? Nabalitaan Kong may isang taong nagkaroon ng hindi tamang relasyon kay Yan—totoo ba? (Oo.) Napansin ba ninyo ito? (Hindi.) Kung gayon, napakabulag ninyo. Puwedeng magpatuloy ang iba. (Maraming beses kong nakaugnayan si Yan. Noong panahong iyon, inisip ko lang na medyo mapagmataas at mapagmagaling siya, at mahilig siyang magmalaki sa sarili at magpasikat. Pero hindi ko kailanman nakilatis na may diwa siya ng isang anticristo.) Mahilig siyang mang-akit ng mga babae; alam mo ba iyon? (Hindi. Palagi siyang nagsasalita nang estrikto sa pagbabahaginan na talagang masama para sa mga lalaki at babae ang pakikipagrelasyon kung kani-kanino, at madalas niyang ibinabahagi na kailangan naming itigil ang gayong pag-uugali. Hindi ko kailanman inakalang magiging ganoon siya kapag walang nakakikita.) Puwede nang magpatuloy ang susunod. (Nakipag-ugnayan ako kay Yan sa loob ng isang taon, pero wala akong magandang relasyon sa kanya at wala kaming magkatugmang pakikipagtulungan. Nakakasalamuha ko lang siya kapag pinag-uusapan namin ang gawain at wala na akong masyadong pakikisalamuha sa kanya bukod doon. Kaya wala akong gaanong pagkakilatis sa kanya.) Hindi mo siya gaanong nakilatis? Ito ba ay dahil hindi mo nakita kung ano ang nangyayari o hindi mo ito nakilatis? Paanong wala kang gaanong pagkilatis sa kanya? Paanong ganito ang kinalabasan? (Dahil mali ang landas na tinahak ko at inidolo at hinangaan ko ang isang taong may kaloob. Magaling magsalita si Yan, at sa bawat pagbabahaginan ay sisipiin niya ang mga salita ng Diyos at ang mga sermon at mga pagbabahaginan mula sa ang Itaas. Mukhang alam niya kung paano lutasin ang mga problema, at tuwing may problema sa iglesia sinusubukan niyang lutasin ito.) Kung alam niya kung paano lutasin ang mga problema, paanong nangyaring napakarami pa ring problema ng Pangkat ng mga Gumagawa ng Pelikula sa iglesia sa Canada na hanggang ngayon ay hindi pa

nalulutas? Sinasabi mo na talagang alam niya kung paano lutasin ang mga problema, hindi ba't kalokohan iyon? Hindi ba't mapanlinlang iyon? (Oo.) Nakikinig ba kayo ng mga sermon? Linggo-linggo ba kayong dumadalo sa mga pagtitipon? (Dumadalo kami.) Kung gayon, nakikinig ba kayo sa Akin kapag ipinangangaral ko ang mga sermon tungkol sa pagkilatis sa mga anticristo? (Oo.) Pagkatapos ninyo Akong pakinggan, nagkakaroon na ba kayo ng pagkilatis kay Yan? Nakikita ba ninyo ang anumang mga problema sa paraan ng paggawa ni Yan ng mga bagay? Nakikinig kayo ng mga sermon at nagtitipon sa iisang lugar kasama ang anticristo, pero hindi ninyo nakita ang isang halatang anticristo—anong problema rito? Dalawang taon at limang buwang naging lider si Yan; sino ang pinakamadalas niyang makasalamuha? Sa anong grupo siya gumugol ng pinakamahabang oras? Ilang tao sa grupo na iyon ang nakakilatis sa kanya? Ilan ang nakatuklas na may problema siya at hindi ito ipinaalam? Sino ang nakatuklas na may problema siya at lumantad para ipaalam ito? Alam ba ninyo ang mga sagot sa mga tanong na ito? (Walang sinuman ang nakakilatis kung ano ba talaga siya.) Kung ganoon paano ninyo natuklasan kalaunan na siya ay isang anticristo? (Isang kapatid na babae na nagkaroon ng relasyon sa kanya ang nagsabing nasa masamang kalagayan siya, at nang subukan naming alamin ang higit pa tungkol sa sitwasyon, natuklasan namin ang problema ni Yan tungkol sa mga kaugnayan niya sa mga babae.) Inilantad ng kapatid na babaeng iyon ang problema, kung gayon, may iba bang nag-ulat nito? (Wala.)

Sa paglipas ng panahong iginugol natin sa pagbabahaginan at paghihimay-himay sa iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo, may natuklasan ba kayong iba pang problema kay Yan? (Sa pamamagitan ng pagbabahaginan tungkol sa pagkilatis sa mga anticristo, natuklasan ko na napakahusay ni Yan sa paglikha ng mga alitan sa pagitan ng mga tao. Madalas niyang hinuhusgahan ang ilang partikular na kapatid sa harap ko at lumilikha siya ng hidwaan sa relasyon ko sa sister na nakatuwang ko, sinasabi na ang sister na ito ay mapagpalugod lang ng mga tao na hindi nagsasagawa ng katotohanan, at iba pa. Dahil dito, nagkaroon ako ng ilang partikular na opinyon tungkol sa sister na iyon, at sa paglipas ng panahon ay hindi ko na nagawang makipagtulungan nang may pagkakasundo sa kanya.) Sa totoo lang, lahat kayo ay may mga opinyon tungkol kay Yan, pero walang nagbanggit tungkol sa mga ito o nag-ulat tungkol sa kanya. Kayong lahat ay mga mapagpalugod ng mga tao na mas pipiliin pang makaantala sa gawain ng iglesia at huwag magmalasakit tungkol dito. Hindi niya ginawa ang gawaing isinaayos ng ang Itaas para sa kanya, at nang makita ninyo ito, hindi ninyo siya iniulat, bagkus ay pinagtanggol at binigyang-layaw ninyo ang anticristong ito. Bakit hindi ninyo siya iniulat? Natatakot ba kayo na mapasama ang loob niya o hindi ba ninyo siya nagawang makilatis? (Hindi ko siya nagawang makilatis. Bukod sa pakikipag-usap sa kanya kapag may isyu ako paminsan-minsan, hindi ako karaniwang nakikisalamuha sa kanya. Sinabi niya na abala siya sa pagtatrabaho, pero hindi namin alam kung nagsasabi ba siya ng totoo o hindi.) Hindi kailangang imbestigahan kung ano ang ginagawa niya kapag walang nakakakita; dapat sana ay nakilatis mo ang ilan sa mga ginagawa niya sa

mismong harapan mo. May mga partikular na pagpapamalas kapag gumagawa ng mga bagay-bagay ang mga anticristo. Hindi lang siya gumagawa ng mga bagay-bagay nang patago; matutukoy mo ang mga pagpapamalas na iyon sa personal. Kung hindi ninyo makita ang mga pagpapamalas na iyon, hindi ba't bulag kayo kung gayon? (Oo.) Kaya, kung magkakaroon uli ngayon ng isang taong katulad nito, makikilatis ba ninyo siya? Makakagampan ba ng aktuwal na gawain ang isang taong katulad ni Yan? Makakapagbahagi ba siya tungkol sa katotohanan at makakalutas ng mga problema? (Hindi.) Bakit ninyo sinasabing hindi? (Kung ang mga resulta ng gawain ang pag-uusapan, maraming problema ang iglesia na hindi nalutas sa loob ng mahabang panahon, napakabagal ng pag-usad ng lahat ng gawain, at ang mga pelikulang ginawa namin ay hindi tumugma sa mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos.) Bago pinakitunguhan si Yan, nakita ba ninyo na problema ito? (Hindi.) Kung gayon, ano ang nauunawaan ninyo pagkatapos ninyong makinig sa mga sermon? Hindi ninyo nakikita ang mga ganoon kalubhang problema, at palagi lang kayong nagpapalusot, sinasabi ninyo, "Hindi kami nakisalamuha sa kanya. Paano namin malalaman ang mga ginagawa niya nang patago? Mga ordinaryong mananampalataya lang kami, isa siyang lider. Hindi puwedeng palagi na lang namin siyang sinusundan, kaya, makatwiran lang na hindi namin siya nakilatis at na hindi namin siya iniulat." Ito ba ang ibig ninyong sabihin? (Oo.) Ano ang kalikasan nito? (Sinusubukan naming iwasan ang aming mga responsabilidad.) Kaya, haharapin ba ninyong muli nang ganito ang usapin kung may makakatagpo kayong taong katulad nito sa hinaharap? (Hindi, hindi ko na muling haharapin nang ganito ang usapin. Kapag natuklasan ko sila, dapat ko silang iulat.) Hindi Ako masyadong sigurado na gagawin ninyo iyan. May mga tao sa maraming iglesia na nag-uulat ng mga huwad na lider at mga anticristo, pero wala ni isa sa iglesia sa Canada. Napakatagal nang aktibo ng anticristong ito at walang nag-ulat sa kanya, hindi siya iniulat ng sinuman. Kamakailan lang, nagpadala ng liham ang Pangkat ng mga Gumagawa ng Pelikula sa US na nag-uulat tungkol sa isang tao. Organisado ang pagkakasulat dito at may batayan ang mga nilalaman nito, at napakapartikular at tumpak din nito, pangunahin itong nakabatay sa mga katunayan. Ipinapakita nito na sa bawat iglesia, may ilang tao na nakakakilatis ng mga huwad na lider at anticristo—mabuting bagay ito. Minsan, nagpapakitang-gilas sandali ang mga huwad na lider at anticristo, at nagbubunyag sila ng mga partikular na problema. Maaaring nakikita lamang ng ilang tao na may mga problema, pero hindi nila nakikilatis ang diwa at ang katotohanan ng mga problemang ito o kung paano lulutasin ang mga ito—ito rin ay nauukol sa kawalan ng pagkilatis. Ano ang dapat ninyong gawin sa mga gayong sitwasyon? Sa mga ganitong pagkakataon, dapat kayong humanap ng isang taong nakakaunawa sa katotohanan para kilatisin ang mga ito. Kung may ilang tao na kayang umako ng responsabilidad, kapag ang lahat ay sama-samang naghahanap, nagbabahaginan, at nagtatalakayan tungkol sa usapin, maaari kayong magkaroon ng nagkakaisang opinyon at makilatis ang diwa ng problema, at pagkatapos ay makikilatis ninyo kung sila ay mga huwad na lider at anticristo. Hindi masyadong

mahirap na lutasin ang problema ng mga huwad na lider at anticristo; hindi gumagampan ng aktuwal na gawain ang mga huwad na lider at madali silang matuklasan at makita nang malinaw; ginugulo at ginagambala ng mga anticristo ang gawain ng iglesia at madali ring matuklasan at makita nang malinaw. Ang lahat ng ito ay nauugnay sa problema ng panggugulo sa paggampan ng mga hinirang ng Diyos sa kanilang mga tungkulin, at dapat ninyong iulat at ilantad ang mga gayong tao—sa pamamagitan lamang ng paggawa niyon ninyo mapipigilan ang pagkaantala ng gawain ng iglesia. Ang pag-uulat at paglalantad sa mga huwad na lider at anticristo ay napakahalagang gawain na nagtitiyak na magagampanan nang maayos ng mga hinirang ng Diyos ang kanilang mga tungkulin, at pinapasan ng lahat ng mga hinirang ng Diyos ang responsabilidad na ito. Hindi mahalaga kung sino ito, basta't siya ay isang huwad na lider o isang anticristo, dapat siyang isiwalat at ilantad ng mga hinirang ng Diyos, at sa ganitong paraan ay matutupad ninyo ang inyong responsabilidad. Hangga't ang iniulat na problema ay totoo at talagang may insidente ng huwad na lider o anticristo, palagi itong haharapin ng sambahayan ng Diyos nang napapanahon at nang naaayon sa mga prinsipyo. Kaya, ipinagbigay-alam ba ninyo ang problema sa anticristong si Yan? Hindi. Kayo ay nailihis at napaglaruan ng diyablong ito sa loob ng mahabang panahon, na parang wala kayong kamalayan. Ang magkaroon ng gayon kahalatang anticristo sa tabi ninyo na kumikilos nang walang pakundangan sa loob ng mahabang panahon at para tulutan lamang ninyo ito na magpatuloy nang wala man lang kumontra, talaga bang wala kayong kamalayan? Normal ba kayong namumuhay ng buhay iglesia? Natatamasa ba ninyo ang gawain ng Banal na Espiritu? Nakikinabang ba kayo sa tuwing dumadalo kayo sa isang pagtitipon? Dapat ay nararamdaman ninyo ang lahat ng ito. Ang pinakamahalaga, hindi nagsagawa ng anumang aktuwal na gawain ang anticristong si Yan, nagsanhi siya ng mga pagkaantala sa gawain ng paggawa ng pelikula, at labis niyang ginulo ang gawain ng iglesia. Dapat ay nakita sana ng sinumang may puso ang mga bagay na ito, ngunit wala sa inyo ang naglantad o nag-ulat tungkol sa anticristong ito. Para bang gusto ninyong nakikihalubilo sa maruruming diyablo at masasamang espiritu, at na walang-wala kayong pagmamahal sa katotohanan. Maaaring ayaw ninyong aminin ito, pero ito ay totoo. Nakihalubilo kayo sa isang diyablo, pero iniisip ninyo na maganda ito. Iniisip ninyo na hindi na ninyo kailangang basahin ang mga salita ng Diyos o hangarin ang katotohanan, at maaari na lamang ninyong pabasta-bastang iraos ang mga pormalidad sa paggampan ng inyong tungkulin; iniisip ninyo na hindi na ninyo kailangang mag-abala pa sa pagkamit ng kaligtasan, pagsasagawa sa katotohanan, pagpapasakop sa mga pamamatnugot at pagsasaayos ng Diyos, o sa paggampan nang maayos sa inyong tungkulin. Naniniwala kayo na puwede kayong basta lang na magpakasasa sa laman at maging malaya kayo, tulad lamang ng mga tao sa Sodoma noon, na kumakain, umiinom, nagsasaya lang, at hindi gumagawa ng nararapat na gawain, nang walang sinumang umaako ng responsabilidad, at walang naglalantad o nag-uulat sa anticristo. Dahil dito, walang gawain ng Banal na Espiritu sa iglesia sa loob ng mahabang panahon. At wala

kayong pakialam, nasadlak na kayo sa kabuktutan, walang pagkakaiba sa mga hindi mananampalataya at mga walang pananampalataya. Maraming taon na kayong nakikinig ng mga sermon, at kahit ngayon ay hindi pa rin ninyo makilatis ang mga huwad na lider at anticristo, sa halip ay handa kayong makihalubilo sa mga anticristo at kumain buong araw nang hindi seryosong pinag-iisipan ang anumang bagay. Sapat na ang gayong pag-uugali para maipakita na hindi kayo tunay na mananampalataya sa Diyos. Una, hindi ninyo minamahal ang katotohanan o tinatanggap ang katotohanan; pangalawa, mga iresponsable kayo sa inyong tungkulin, lalong hindi masasabing tapat ninyo itong ginagampanan, at basta lang ninyong binabalewala ang gawain ng iglesia. Mukha kayong gumagampan sa inyong tungkulin ngunit wala kayong natatamong resulta; iniraraos lamang ninyo ang mga pormalidad. Gaano man guluhin at sirain ng mga huwad na lider at mga anticristo ang gawain ng iglesia, talagang wala kayong kamalay-malay, at hindi man lang kayo nababahala rito. Kapag ganap nang nabunyag ang isang anticristo, saka lamang ninyo inaamin na wala kayong pagkilatis, at kapag tinatanong Ko ang tungkol sa mga detalye, sinasabi ninyo, “Hindi ko alam, hindi ako ang responsable!” Ganap kayong naghuhugas-kamay sa usaping ito. Sa palagay ba ninyo na sa pagsasabi niyon ay tapos na ang usaping ito at makatatakas na kayo sa inyong responsabilidad? Hindi na ba ito susuriin ng sambahayan ng Diyos? Diniligan kayo ng sambahayan ng Diyos sa loob ng mahabang panahon at marami na kayong napakinggang sermon, at ano ang kinalabasan? May seryosong problema, lumitaw ang isang anticristo sa iglesia, pero hindi ninyo ito namamalayan. Ipinapakita nito na hindi man lang kayo nakausad, na kayo ay manhid at mahina ang utak, at nagpapasasa kayo sa laman. Kayo ay pawang buntong bangkay, walang ni isang buhay sa inyo, walang ni isang naghahangad sa katotohanan, sa pinakamainam ay may ilang trabahador lamang sa inyo. Ang makapanampalataya sa Diyos at makinig sa mga sermon sa loob ng mahabang panahon, at pagkatapos ay makihalubilo sa isang anticristo, at hindi ito ilantad o iulat—ano ang pagkakaiba ninyo sa isang taong hindi nananampalataya sa Diyos? Kayo ay kasama ng mga anticristo, kayo ay hindi mga tao ng Diyos; sumusunod kayo sa mga anticristo, sumusunod kayo kay Satanas, at talagang hindi kayo mga tagasunod ng Diyos. Kahit na hindi ninyo ginawa ang masasamang bagay na iyon na ginawa ng anticristo, pero sumunod kayo sa kanya at pinrotektahan ninyo siya, dahil hindi ninyo siya inilantad o iniulat at nagdadahilan kayo na hindi ninyo masyadong nakasalamuha ang anticristo at na hindi ninyo alam kung ano ang kanyang ginagawa. Sa paggawa nito, hindi ba’t ipinagtatanggol ninyo ang anticristo habang dilat na dilat ang inyong mga mata? Gumawa ng napakaraming kasamaan ang anticristo at pinaralisa nito ang gawain ng iglesia, ginambala ang buhay iglesia hanggang sa lubusang magulo ito, subalit sinasabi ninyo na hindi ninyo alam kung ano ang ginagawa ng anticristo—sino ang maniniwala roon? Nakita ng sarili niyong mga mata na ginugulo at pinipinsala ng anticristo ang gawain ng iglesia, subalit ganap kayong walang pakialam at wala man lang kayong reaksiyon. Walang naglantad o nag-ulat sa anticristo—lahat kayo ay nabigong gampanan

kahit man lang ang maliit na responsabilidad na ito at lubos kayong walang konsensiya at katwiran! Ang mga iglesia sa iba't ibang lugar ay madalas na nagpapadala ng mga liham na nag-uulat ng mga huwad na lider at mga anticristo—hindi ba ninyo ito nakita kahit kailan? Tanging ang iglesia sa Canada ang isang lawa ng hindi dumadaloy na tubig na hindi kailanman nakipag-ugnayan sa ang Itaas para magbigay ng ulat tungkol sa sitwasyon nito. Kayo ay pawang mga bangkay, walang ni isang buhay sa inyo! Hindi kikilalanin ng Diyos ang gayong iglesia, at kung hindi kayo magsisisi, kayo ay ganap na matatapos at lahat kayo ay matitiwalag.

Ngayon ay ika-10 ng Hulyo, 2019. Mula ngayon, pormal na sasailalim ang Pangkat ng mga Gumagawa ng Pelikula sa Canada sa isang panahon ng pagbubukod at pagninilay-nilay sa loob ng isang taon. Ilang tao ang nasa Pangkat ng mga Gumagawa ng Pelikula? (Diyos, may 34 na tao sa Pangkat ng mga Gumagawa ng Pelikula.) At ilan ang mga lider? (Dalawa.) Sige, tumayo kayong dalawa para makita Ko kayo. Kayong mga tao sa Pangkat ng mga Gumagawa ng Pelikula, tandaan ninyo ang araw na ito, ika-10 ng Hulyo. Simula ngayon, pormal na ilalagay ang Pangkat ng mga Gumagawa ng Pelikula sa Canada sa grupong B sa loob ng isang taon. Kung magsisisi kayo maaari kayong makabalik sa ordinaryong iglesia; titingnan natin kung anong magiging ugali ninyo sa loob ng isang taon—kung patuloy ninyong magagawa ang inyong tungkulin, at magpapakita kayo ng pagsisisi, puwede ninyong muling ipamuhay ang buhay iglesia. Naiintindihan ba ninyo? (Oo.) Mananatiling pareho ang mga tungkulin ninyo sa panahong ito. Kung may ilan sa inyo na ayaw mapaalis at mapatalsik, ano sa tingin ninyo ang paggamit sa pamamaraang ito ng pagbubukod at pagninilay-nilay? Nasisiyahan ba kayo rito? (Oo.) Bakit isang taon ang ibinibigay Ko sa inyo? (Para bigyan kami ng pagkakataong magsisi.) Para bigyan kayo ng pagkakataong magsisi. Kung pagkatapos ng isang taon ay kahiya-hiya pa rin ang asal ninyo, ang kahusayan ninyo sa gawain ay wala pa rin sa pamantayan, kinakaladkad ninyo pa rin ang mga paa ninyo sa pagganap sa inyong tungkulin at ang tungkulin ninyo ay kasinggulo pa rin ng dati, wala pa rin kayong nagagawang pag-unlad sa inyong propesyonal na gawain at buhay pagpasok, at wala pa rin kayong nakakamit na anumang resulta, kung gayon ay magpapatuloy pa rin kayong nakabukod sa loob ng isa pang taon, at sa ganitong paraan ang haba ng panahon ay palalawigin nang taon-taon. Kapag sumusulong kayo, iyon ay, kapag makasusulat na kayo ng ilang mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan, at ang inyong pag-uugali, pang-unawa, at ang mga resulta ng gawain ay talagang umaabot sa pamantayan, puwede na ninyong muling ipamuhay ang buhay iglesia. Ang ibang mga pangkat sa iglesia ng Canada ay puwede nang magpatuloy na ipamuhay ang buhay iglesia. Titingnan namin kung anong magiging saloobin ninyo sa pagganap sa inyong tungkulin sa hinaharap. Kung patuloy pa rin kayong umaasal nang kahiya-hiya, kung gayon ay ibubukod ang lahat ng nasa iglesia ng Canada. Naiintindihan ba ninyo? (Oo.) Ano sa tingin ninyo ang kinalabasang ito ng pangangasiwa ng usapin? (Mabuti ito.) Talaga bang mabuti ito, o sinasabi lang ninyo iyon? (Talagang mabuti ito.) Sige, nasisiyahan kayo

rito. Kaya ang sermong ito ngayon ang huling maririnig ninyo. Ang Aking orihinal na layunin ay ang ganap na ibukod at itiwag kayo, at huwag kayong pahintulutan makinig sa sermong ito. Walang saysay ang lahat ng taon na ito ng pakikinig ninyo ng mga sermon at wala kayong nakuhang anuman, kaya bakit nakikinig pa rin kayo? Ako ay labis na nasasaktang tingnan kayo! Lahat kayo ay mukhang napakamanhid at napakamapurol ng isip.

Noong nakikipag-usap Ako dati sa isang sister sa iglesia ng Canada, narinig Ko na ang sitwasyon doon ay puro walang kuwentang tawanan at masyadong walang pakundangan, napakaingay na hindi na siya makapag-type, na para bang siya ay nasa abalang lugar sa lungsod. Pagkatapos ay nagsimula Akong mandiri dito at sinabi Kong ang mga tao sa iglesia ng Canada ay hindi mga deboto, kundi puro mga walang pakundangan, tulad ng mga hindi mananampalataya, at hindi nila hinangad ang katotohanan. Kalaunan, nakipagbahaginan Ako sa mga taong ito tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa produksiyon ng pelikula at talagang mga manhid sila. Anong ibig sabihin ng “manhid”? Noong nakikipag-usap Ako sa kanila, wala silang ipinakitang reaksiyon o kahit anong ekspresyon ng mukha, nakatitig lang sila, na para bang sinapihan sila ng masasamang espiritu—wala silang reaksiyon o saloobin tungkol sa kahit ano. Hindi ba’t nakadidiri ito? Kung hahatulan ang mental na kalagayan at hitsura ng mga taong ito, walang maayos sa mga pangkat na ito, magugulo silang lahat, sa partikular, may nangyaring pakikipagrelasyon kung kani-kanino sa Pangkat ng mga Gumagawa ng Pelikula, at sinasabi pa rin nilang wala silang nalalamang anuman. Tumpak ba ang sinasabi nila? Hindi ba’t mapanlinlang ito? Sa totoo lang, ang usaping ito kay Yan na anticristo ay hinarap na ng mga lider at manggagawa, pero dahil napakaseryoso at kasuklam-suklam nito, kailangan Kong personal na makialam dito. Bakit kailangan Kong makialam? Dahil hindi nila ito hinarap nang maayos. Nagsabi lang sila ng mga walang bigat na bagay, hindi nila kayang lutasin alinman sa mga problema, at hindi man lang kayang himayin ang usapin. Gaano talaga kayo kamanhid ngayon? Puwede kayong tusukin ng karayom sa mukha at hindi dudugo; talagang wala kayong nararamdamang kahit na ano. Napungusan nang lahat ang lider at manggagawa, pero pagkatapos niyon, ganoon pa rin sila at hindi nagbago. Kaya kinailangan Kong makialam at baguhin ang “pagturing” ninyo. Anong mga aral ang natututuhan ninyo sa usaping ito? Hindi kayo mapakali sa puso ninyo, hindi ba? Sa tingin ba ninyo ay makatarungan na Ako ang humarap sa mga bagay na ito sa ganitong paraan? (Oo.) Paano ito naging makatarungan? Hayaan ninyong magsalita Ako nang prangka: Kung hindi mo sinusunod ang tamang landas o isinasagawa ang katotohanan, kung iwinawagayway mo ang watawat ng pananalig mo sa Diyos pero gusto mong mamuhay na gaya lang ng mga walang pananampalataya at kumilos nang walang pakundangan, kung gayon, ang pananalig mo sa Diyos ay walang kabuluhan. Bakit Ko sinasabing ito ay walang kabuluhan? Saan ba nakasalalay ang kabuluhan ng pananalig sa Diyos? Nakasalalay ito sa ganap na pagbabago ng landas na tinatahak ng mga tao, sa kanilang pananaw sa buhay, at sa direksiyon ng buhay nila

at sa mga tunguhin matapos nilang manampalataya sa Diyos, sa mga bagay na ito na ganap na naiiba mula sa mga hindi nananampalataya sa Diyos, mula sa mga makamundong tao, at mula sa mga diyablo, at sa landas na tinatahak ng mga mananampalataya na ganap na salungat sa kanila. Ano itong salungat na direksiyon? Ito ay ang kagustuhan mong maging isang mabuting tao, at maging isa na nagpapasakop sa Diyos at may wangis ng tao. Kaya, paano mo ito makakamit? Dapat kang tumuon sa pagsisikap para sa katotohanan, at doon mo lamang magagawang magbago. Kung hindi mo hinahangad o isinasagawa ang katotohanan, kung gayon, ang pananalig mo sa Diyos ay walang kabuluhan o halaga, ang pananalig mo ay balat lang, mga maladiyablong salita na layong manlinlang, mga salita lang na walang laman, walang kahit anong epekto. Dapat ninyong pagnilayan ang sinasabi Ko rito. Ang mga ito ang pinakasimple at pinakapangunahing katotohanan, at marahil ay hindi pa ninyo napagnilayan ang mga iyon dati. Ganoon ba? Kung sinasabi mo, “Nananampalataya ako sa Diyos. Gagawin ko ang dapat kong gawin, gagawin ko ang gusto ko, at tungkol sa pagpapasakop sa Diyos, sa pagpapasakop sa mga pamamatnugot at pagsasaayos ng Diyos, pagiging tapat sa Diyos, at pagiging may pagkatao, ang mga iyon ay walang kinalaman sa akin,” kung walang kinalaman ang mga bagay na ito sa iyo, para ano pa at nananampalataya ka sa Diyos? Bakit ka nananampalataya sa Diyos? Paano mo ba gustong manampalataya sa Kanya? Anong klaseng tao ba ang gusto mong maging sa iyong pananampalataya sa Diyos? Kung walang kinalaman ang mga bagay na ito sa iyo, kung gayon, ang pananalig mo sa Diyos ay wala talagang kabuluhan. Kung palagi kang nananampalataya sa Diyos na umaasa sa iyong mga kuru-kuro at imahinasyon, palagi mong ginagawa ang mga bagay ayon sa iyong kagustuhan, ginagawa mo ang anumang gusto mo at nagpapasasa ka sa laman, kung gayon, ang mga kaisipan at pananaw mo, at ang mga bagay na ginagawa mo ay walang kinalaman sa katotohanan at walang kinalaman sa mga hinihingi ng Diyos, ang pananalig mo sa Diyos kung gayon ay walang kabuluhan at hindi mo na kailangang magpatuloy na manampalataya. Kahit na magpatuloy ka pang manampalataya, pagsasayang lang ito ng lakas, at hindi ka ililigtas ng Diyos.

Napakabigat ng paksang ito, at sumasama ang loob ninyong lahat tungkol sa pangangasiwa sa usaping ito; medyo hindi ito inaasahan. Ano pa man, magkakaroon pa rin ng mga ganitong pangyayari sa hinaharap. Ngayong napangasiwaan na natin ang usaping ito sa ganitong paraan sa pagkakataong ito, kung mangyayari muli ang mga ganitong bagay sa hinaharap, hindi na ito pangangasiwaan nang ganito, pero siguro ay mas estrikto na itong pangangasiwaan. Sabihin ninyo sa Akin, angkop ba ito? (Oo.)

Susunod, magbabahaginan tayo sa isang medyo mas madaling paksa. Gusto ba ninyong makinig ng mga kuwento? (Oo.) Kung gayon, magkukuwento Ako sa inyo. Anong kuwento ang dapat Kong sabihin sa inyo? Anong uri ng paksa ang gusto ninyong marinig? Mas gusto ninyo bang makinig sa pagkukuwento, o pag-usapan ang mga kasalukuyang pangyayari, politika, o marinig ang tungkol sa kasaysayan? Hindi natin pag-uusapan ang mga bagay na iyon dahil wala namang saysay na pag-usapan ang mga iyon.

Magkukuwento Ako sa inyo tungkol sa pag-uugali ng mga taong nananampalataya sa Diyos, mga disposisyon ng mga tao, at ang iba't ibang kalagayang nararanasan ng mga tao sa pang-araw-araw na buhay.

Karagdagang Babasahin

Isang Talakayan Tungkol sa Kapital: “Eh Ano Naman!”

May limang tao na nag-uusap-usap at ang isa sa kanila na nagngangalang Mr. Uni ay nagsabi, “Sa aking panahon sa unibersidad, ang buhay sa kampus ang pinakanamiss ko. Ang kampus ay puno ng lahat ng klase ng halaman, at tuwing tagsibol at taglagas, napakaganda ng tanawin, napakakalma at napasasaya ako nito. Noong panahon ding iyon, bata pa ako at puno ng mga adhikain at inosente, na walang masyadong presyur. Napakagaan ng buhay sa tatlong taon ko sa unibersidad. Kung maibabalik ko ang sampu o dalawampung taon at babalik sa buhay sa kampus, sa tingin ko, iyon ang pinakakahanga-hangang bagay sa buhay na ito....” Ito ang unang tao, na ang pangalan ay Mr. Uni. Anong ibig sabihin ng Uni? Ibig sabihin nito ay isang estudyante sa unibersidad; dito galing ang pangalang Mr. Uni. Ang kahanga-hangang buhay ni Mr. Uni ay hindi pa buong naaalala at natatamasa bago nagsalita si Mr. Graduate, na nagsasabi, “Maituturing bang isang kurso sa unibersidad ang tatlong-taong kurso? Isang bokasyonal na kurso iyon. Karaniwang tumatagal ng apat na taon ng bachelor’s degree sa unibersidad; iyon lamang ang maituturing na kurso sa unibersidad. Nasa unibersidad ako nang apat na taon. Sa mga taon ko sa unibersidad, nalaman kong punong-puno ng mga estudyante sa unibersidad ang talent market, at mahirap makahanap ng trabaho. Kaya, bago ako grumadweyt, pinag-isipan ko ito at nagpasya akong ipagpatuloy ang pagkuha ng graduate degree. Kakaunti lamang ang mga graduate student ng mga panahong iyon, at madaling makahahanap ng trabaho. Gaya ng inasahan, pagkagradweyt ko sa aking graduate degree, nakahanap ako ng magandang trabahong may malaking sahod, at namuhay ako nang maayos. Ito ang kinalabasan ng pagiging isang graduate student.” Anong mensahe ang makukuha ninyo sa pakikinig dito? Grumadweyt si Mr. Uni sa isang bokasyonal na kurso samantalang si Mr. Graduate ay grumadweyt sa isang graduate course at kumita nang malaki, at nagkaroon ng katayuan at respeto sa lipunan. Masayang nagkukuwento si Mr. Graduate, at pagkatapos ay sinabi ni Mr. Manager na, “Bata ka pa, iho! Wala ka pang anumang karanasan sa lipunan. Hindi mahalaga kung nag-aral ka para sa isang graduate degree o isang doctorate, walang makatatalo sa pagpili ng isang magandang major sa unibersidad. Bago ako nagsimula sa unibersidad, nagsaliksik ako sa merkado at nakita ko ang mga negosyo anuman ang laki nito ay nangangailangan ng mga taong may mga kasanayan sa pamamahala, kaya noong makapasok ako sa unibersidad pinili kong pag-aralan ang market management, at kapag nakagradweyt ako magiging isa ako sa mga top manager ng isang kompanya, na

kilala rin bilang CEO. Nang grumadweyt ako, panahon ito kung kailan ang iba't ibang negosyo, malalaki man o maliliit, ay nangangailangan ng mga taong may talento gaya ko. Malaki noon ang merkado, at nang nagsimula akong mag-aplay sa mga trabaho, ilang kompanya ang nagkumahog na kunin ako. Sa huli, namili ako sa kanila. Pinili ko ang pinakamagandang banyagang kompanya at naging manager agad ako na may mataas na sahod. Sa loob ng limang taon nakabili ako ng sarili kong sasakyan. Magaling, hindi ba? Ang galing kong pumili, hindi ba?" Habang nagsasalita si Mr. Manager, nakaramdam ng bahagyang pagkontra ang dalawa sa harap niya pero wala silang sinabing anuman. Inisip nila sa kanilang puso, "Isa siyang top manager at malawak ang kanyang pananaw. Mas malaki ang kapital niya kaysa sa amin. Kahit na nakararamdam kami ng bahagyang pagkontra, wala kaming sasabihing anuman. Tatanggapin na lang namin ang pagkatalo." Nang natapos nang magsalita si Mr. Manager tuwang-tuwa siya sa sarili niya, iniisip na ang mga kabataang ito ay walang gaanong karanasan hindi tulad niya. Habang tuwang-tuwa siya, may isang taong nagngangalang Mr. Official ang nagsimulang magsalita. Hindi masyadong pinansin ni Mr. Official ang sinabi ng tatlo. Banayad niyang hawak ang kanyang tsaa, uminom nang kaunti, tumingin sa paligid niya, at nagsabi, "Sa mga panahong ito ang lahat ay estudyante sa unibersidad. Sino ba ang hindi makapapasok sa unibersidad? Hindi sapat na pumasok lang sa unibersidad, at hindi rin sapat na pumasok sa negosyo. Kahit na isa kang top manager, hindi iyon panghabambuhay na trabaho, hindi ito matatag. Ang susi ay makahanap ng isang matatag na trabaho at pagkatapos ay maayos na ang buhay mo!" Nang marinig ito ng iba, sinabi nila, "Panghabambuhay na trabaho? Sino ba ang nagsasalita tungkol sa ganyang mga bagay sa mga panahon ngayon? Lipas na iyan!" Sinabi ni Mr. Official, "Lipas na? Hmph, sinasabi lang ninyo iyan dahil lahat kayo ay makikitid ang pananaw at kulang sa pang-unawa! Kapag nakahanap kayo ng panghabambuhay na trabaho, kahit na mas maliit ang kita ninyo, tinitiyak naman nito ang matatag na buhay, at mayroon kayong awtoridad at puwede kayong makialam sa iba't ibang bagay! Hindi naunawaan ng karamihan ng tao noong kumuha ako ng pagsusulit para maging lingkod publiko at tinanong kung bakit ang isang napakabatang gaya ko ay gustong magtrabaho sa mga ahensiya ng gobyerno. Pagkapasa ko sa pagsusulit para maging isang lingkod publiko, hinanap ako ng mga kaibigan at mga kamag-anak na gusto ng trabaho o iyong mga may kinasangkutanang kaso. Ngayon iyon ang may malaking awtoridad, tama? Kahit na hindi kalakihan ang kita, binigyan naman ako ng pabahay at sasakyan. Mas maganda ang mga benepisyo ko kaysa sa inyo. Bukod pa rito, maaari ko ring ipabalik ang aking mga nagastos kapag kumakain ako sa labas at namimili, at maaari din akong magbiyahe nang libre sa taxi o sa eroplano. Hindi sapat ang mga trabaho ninyo; lahat kayo ay may mga trabahong hindi matatag. Mas mahusay ang nagawa ko kaysa sa inyo!" Naasiwa ang iba pagkatapos marinig ang sinabi niyang ito, at sinabi nila, "Kahit na maganda ang mga benepisyo mo, may masama kang reputasyon. Nangingikil ka at kumikilos gaya ng isang punong malupit saanman, at hindi mo pinaglilingkuran ang mga tao. Nilalansi mo lang ang mga tao at gumagawa

ng lahat ng masamang bagay.” Sumagot si Mr. Official, “Ano naman kung masama ang reputasyon ko? Nakikinabang ako ng malaki rito!” Pinag-uusapan ng lahat ang bagay na ito, hanggang sa wakas ay hindi na napigilan ng huling tao ang sarili, tumayo at nagsabi, “Tingnan ninyo, galing kayo sa unibersidad, nakapag-aral ka ng isang graduate degree, isa kang top business manager, isa kang opisyal, at hindi ko pa nararanasan ang mga karanasan ninyo. Kahit na isa lamang akong hamak na tao, kailangan kong ibahagi sa inyo ang aking mga karanasan. Noong bumalik ako sa ‘mater’....” Nagulat ang iba at nagtanong, “Ano itong ‘mater’? Sa pagpasa sa pagsusulit sa pampublikong paglilingkod ay ginagawang lingkod publiko ang isang tao, sa pag-aaral para sa isang graduate degree ay ginagawang gradweyt ang isang tao, sa pagiging isang top manager ng isang kompanya ay ginagawang CEO ang isang tao, kaya ano ang ibig sabihin ng ‘mater’ na ito? Maaari mo ba itong ipaliwanag?” Sinabi ng taong ito, “Kung gayon puwede kayong pumasok sa unibersidad, mag-aral para sa graduate degree, maging isang top business manager at maging isang lingkod publiko, pero hindi ako puwedeng bumalik sa aking alma mater para tumingin-tingin?” Kita mo? Nagalit siya. Ang hindi mahalagang taong ito ay kulang sa pinag-aralan pero mayabang pa rin. Sinabi ng iba, “Alam naming lahat kung ano ang kahulugan ng bumalik sa sariling alma mater. Hindi mo kailangang sabihin na bumalik ka sa ‘mater.’ Sabihin mo na lang na bumalik ka sa alma mater mo.” Pagkatapos ay tinanong siya ng iba kung ano ang antas ng edukasyon ng alma mater niya, ito ba ay isang senior high school, isang technical college, isang unibersidad, o isang graduate school. Sumagot siya nang nagsasabing, “Hindi ako pumasok sa unibersidad, hindi ako nag-aral ng isang graduate degree, at hindi ako kumuha ng pagsusulit para maging isang lingkod publiko. Hindi ba’t ayos lang na pumasok sa elementarya? Eh ano naman!” Nakaramdam siya ng kahihyan; naibunyag niya ang pinanggalingan niya, at hindi na ito matatapan pa. Matagal na siyang nagkukunwari. Sa pakikisalamuha sa iba, hindi niya kailanman ibinunyag sa kanila ang antas ng edukasyon niya. Ngayon ay nalantad na ang lahat, napahiya na siya, at sinunggaban niya ang pinto at tumakas. Hindi naunawaan ng iba kung bakit siya tumakbo palayo at sabay-sabay nilang sinabi, “Hindi ba’t grumadweyt ka lang ng elementarya? Para saan ka tumatakbo? At ipinagmamalaki mo pa ito!” Tatapusin Ko na ang kuwento rito; halos nasabi na lahat.

May limang tao sa kuwentong ito. Anong paksa ang pinag-uusapan nila? (Ang mga pinag-aralan nila.) At ano ba talaga ang kahulugan ng pinag-aralan sa mga tao? (Katayuang panlipunan nila ito.) May kinalaman ang pinag-aralan ng isang tao sa katayuang panlipunan niya—ito ay isang obhetibong katunayan. Kung gayon, bakit gustong pag-usapan ng mga tao ang katayuang panlipunan nila? Bakit gusto nilang ipakita ang katayuang panlipunan at pagkakakilanlan nila bilang paksa ng usapan? Ano ang ginagawa nila? (Nagyayabang sila.) Kung gayon, ano dapat ang pamagat ng kuwentong ito? (Paghahambing ng Mga Pinag-aralan.) Kung ang kuwento ay pinamagatang “Paghahambing ng Mga Pinag-aralan,” hindi ba’t masyado itong deretsahan? (Oo, deretsahan iyon. Paano kung, “Pagyayabang ng Katayuan”?) Medyo masyadong prangka iyon, hindi ito maligoy, at hindi ito sapat na

malalim. Paano kung sabihin nating ang pangunahing pamagat ay “Isang Talakayan Tungkol sa Kapital,” at ang dagdag na pamagat ay, “Eh Ano Naman”? Medyo mapang-uyam ito, hindi ba? Ang “Isang Talakayan Tungkol sa Kapital” ay nangangahulugang tinatalakay ng lahat ang sarili nilang kapital, kasama na ang mga pinag-aralan nila at ang katayuang panlipunan. At ano naman ang ibig sabihin ng “Eh ano naman”? (Hindi inaamin na mas magaling pa ang iba.) Tama iyon, may isang uri ng disposisyon dito. “Ano naman kung isa kang graduate student? Ano naman kung nakapag-aral ka sa isang mas mataas na antas kaysa sa akin?” Walang umaamin na may mas magaling pa kaysa sa kanila. Ganito ang ibig sabihin ng pagtalakay ng kapital. Hindi ba’t madalas marinig ang ganitong klase ng usapan kapag kasama ng ibang tao? May mga taong ipinagyayabang ang yaman ng kanilang pamilya, mga taong ipinagyayabang ang prestihiyosong pinagmulan ng kanilang pamilya, mga taong ipinangangalandakan ang katunayan na may ilang emperador at sikat na tao na kaapelyido nila, at may ilang tao na pinag-uusapan ang unibersidad na pinagtapusan nila, kung gaano sila kaluwalhati, at may isa pa ngang masahistang babae sa beauty salon na nagsasabi, “Natutuhan ko ang pagmamasahing mula sa isang kilalang guro na may ekspertong pagwawasto at personal na inspeksiyon. Sa huli, naging isang primera klaseng propesyonal na masahista ako, at ang mga taon noong 2000 ang pinakamaluwalhati kong panahon....” Wala sa lugar ang “luwalhati” na ito. Kahit ang isang masahistang babae sa industriya ng serbisyo ay nagsasabi ng tungkol sa “pinakamaluwalhating taon”—ito talaga ang kanyang paghahambog at pagyayabang. Ang pangunahing tinatalakay natin sa paksang ito kapag kasama ng mga tao sa tunay na buhay ay ang ilang usapang madalas na marinig, ang mga pag-uugaling madalas makita, at ang mga disposisyong madalas mabunyang. Bakit pinag-uusapan ng mga tao ang gayong kapital? Anong disposisyon at motibasyon ang gumagana rito? Puwede bang maituring na maluwalhati ang mga tinatalakay na ito? Walang kinalaman ang kaluwalhatian dito. Kung gayon, nakikinabang ba ang mga tao sa pag-uusap tungkol sa mga gayong bagay? (Hindi.) At pinag-uusapan ninyo rin ba ang tungkol sa mga ito? (Oo.) Alam ninyong walang pakinabang ang mga ito, kaya bakit ninyo pinag-uusapan ang mga ito? Bakit nasisiyahan ang mga tao na pag-uusapan ang ganitong mga bagay? (Ang mga bagay na ito ay ang kapital na ipinagyayabang ng mga tao.) Ano ang layon ng pagyayabang sa mga ito? (Para tingalain ng iba.) Dahil walang sinuman ang gustong maging ordinaryo, na maging pangkaraniwang tao. Kahit ang isang grumadweyt lamang mula sa paaralang elementarya ay nagsalita ng tungkol sa pagbabalik sa kanyang “mater” para tumingin-tingin, na nais gamitin ang ganitong uri ng malalim na salita para lokohin at gawing manhid ang iba, nang sa gayon ay tingalain siya ng iba. Ano ang layon para tingalain siya ng iba? Iyon ay para maging mataas siya sa ibang tao, para magkaroon ng lugar at posisyon sa iba, magmukhang kagalang-galang, para magkaroon ng awtoridad ang mga sinasabi niya, para makuha ang suporta ng iba, at magkaroon ng prestihiyo. Kung aalisin mo ang mga bagay na ito at maging isang ordinaryong tao, isang tipikal at pangkaraniwang tao, ano ang dapat mong taglayin? Una,

dapat magkaroon ka ng tamang perspektiba. Paano nagkakaroon ng ganitong tamang perspektiba? Nagmumula ito sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos at pang-unawa sa kung ano ang saloobin na dapat mayroon ka sa ilang mga bagay na naaayon sa mga layunin ng Diyos at na dapat taglayin ng mga tao sa kanilang normal na pagkatao—ito ang tamang perspektiba. Kaya, bilang isang ordinaryo, pangkaraniwan at normal na tao, ano ang pinakaangkop at tamang perspektibang dapat mayroon hinggil sa lahat ng bagay na ito, hinggil sa katayuang panlipunan, sa panlipunang kapital, o sa pinanggalingan ng pamilya at iba pa? Alam ba ninyo? Sabihin nating may isang taong maraming taon nang nananampalataya sa Diyos, na naniniwalang naunawaan na niya ang maraming katotohanan, na naniniwalang sumusunod siya sa daan ng Diyos, at na tapat sa Diyos at sa kanyang tungkulin, pero itinuturing niya ang katayuan niya sa lipunan at sa mga tao at ang kanyang halaga bilang napakahalagang bagay at labis niyang pinahahalagahan ang mga ito, at madalas pa nga niyang ipinagyayabang ang kanyang kapital, ang kanyang maluwalhating kasaysayan, at ang halaga niya—ang gayong tao ba ay talagang nakakaunawa sa katotohanan? Maliwanag na hindi. Kung gayon, ang isang tao ba na hindi nakakaunawa sa katotohanan ay isang taong minamahal ang katotohanan? (Hindi.) Hindi. Ano ang kaugnayan sa pagitan ng pagtatalakay sa kapital at kung nakauunawa at minamahal ba ng isang tao ang katotohanan? Bakit Ko sinasabi na ang isang taong nagtatangi sa kanyang halaga at ipinagyayabang ang kapital niya ay isang taong hindi nagmamahal at hindi nakauunawa ng katotohanan? Paano dapat pakitunguhan ng isang taong tunay na nagmamahal at nakauunawa ng katotohanan ang mga bagay na ito ng katayuang panlipunan at ng personal na kapital at halaga? Anong mga bagay ang kasama sa katayuang panlipunan? Ang pinanggalingan ng pamilya, edukasyon, reputasyon, mga nakamit sa lipunan, mga personal na talento, at ang etnisidad mo. Kung gayon paano mo pakikitunguhan ang mga bagay na ito para mapatunayan na isa kang taong nakauunawa ng katotohanan? Dapat madaling sagutin ang tanong na ito, tama ba? Dapat ay marami kayong nauunawaan sa teorya sa aspektong ito. Sabihin ang anumang naiisip ninyo. Huwag isipin, “Ah, hindi ko pa ito napag-iisipan nang mabuti kaya wala akong masasabi.” Kung hindi mo pa ito napag-iisipang mabuti, sabihin mo lang ang naiisip mo ngayon. Kung kaya mo lang magsalita kapag napag-isipan mo na ang isang bagay nang mabuti, ang tawag doon ay pagsusulat ng mga artikulo. Nag-uusap lang tayo ngayon; hindi ko hinihingi sa iyo na sumulat ng isang artikulo. Magsalita muna mula sa teoretikal na perspektiba. (Nauunawaan ko mula sa mga salita ng Diyos na hindi tinitingnan ng Diyos kung gaano kataas ang pinag-aralan ng isang tao o kung ano ang katayuang panlipunan niya, kundi ang pangunahing tinitingnan ng Diyos ay kung hinahangad ba niya ang katotohanan, kung maisasagawa ba niya ang katotohanan, at kung tunay ba siyang makapagpapasakop sa Diyos at magagampanan nang pasok sa pamantayan ang kanyang tungkulin. Kung may mataas na katayuang panlipunan ang isang tao at mataas ang pinag-aralan pero wala naman siyang espirituwal na pagkaunawa, hindi niya tinatahak ang landas ng paghahangad sa katotohanan, at wala siyang takot sa Diyos o

hindi umiiwas sa kasamaan, sa huli ay ititiwalag pa rin siya at hindi makakapanindigan sa sambahayan ng Diyos. Samakatwid, hindi mahalaga ang pinag-aralan at katayuan ng isang tao. Ang mahalaga ay kung hinahangad ba ng isang tao ang katotohanan.) Mahusay, ito ang pinakapangunahing konsepto. Bakit Ko sinasabi na pinakapangunahin ito? Dahil ang mga paksang ito at ang nilalamang ito ay ang talagang karaniwang pinag-uusapan ng mga tao. Mayroon pa bang iba na may ibang pagkaunawa? May magdagdag pa sa nasabi na. (Kung ang isang tao ay nakapaghahangad ng katotohanan, makikita niya na ang paghahangad sa katanyagan, pakinabang, at katayuan ay talagang isang uri ng pagkaalipin, isang posas na isinusuat niya, at habang mas lalo niyang hinahangad ang mga bagay na ito, lalo niyang madarama ang pagiging hungkag, at mas lalo niyang dadanasin ang pinsala at pasakit na dulot sa mga tao ng katanyagan, pakinabang at katayuan. Kapag naunawaan niya ito at nakita niya ang isang tao na itinuturing ang mga bagay na ito bilang kapital, iisipin niyang ang gayong tao ay talagang kaawa-awa.) (Susukatin ng isang taong totoong nagmamahal at nakauunawa ng katotohanan ang katayuang panlipunan at reputasyon gamit ang mga salita ng Diyos, titingnan niya ang sinasabi at hinihingi ng Diyos, kung ano ang gusto ng Diyos na hangarin ng mga tao, kung ano ang makukuha ng mga tao sa huli sa paghahangad ng mga bagay na ito, at kung ang nakukuha ba nila ay ayon sa mga resultang inaasam na makita ng Diyos sa mga tao.) Napahapyawan na ninyo ito rito, pero gaano naman nauugnay sa katotohanan ang sinasabi ninyo? Kaya ba ninyong magsagawa ng pagtatasa nito? Karamihan sa mga tao ay may kaunting kaalaman batay sa karanasan, at kung hihilingan Ko kayong magbigay ng sermon, ito ay magiging isang sermon ng panghihikayat. Bakit Ko sinasabing magiging isang sermon ito ng panghihikayat? Ang sermon ng panghihikayat ay isang sermon kung saan sinasabi ninyo ang mga bagay na nagbibigay ng payo at panghihikayat sa mga tao—hindi ito nakalulutas ng tunay na mga problema. Bagaman ang bawat pangungusap ay maaaring mukhang tama at makatwiran, naaayon sa katwiran at sa mga makatwirang hinihingi ng tao, may kaunti lamang itong kinalaman sa katotohanan, kundi isa lamang katiting na mababaw at personal na kaalamang taglay ng mga tao. Kung ibabahagi mo ang mga salitang ito sa iba, kaya mo bang lutasin ang mga problema at kahirapan ng mga tao sa mismong ugat nito? Hindi, hindi mo malulutas, at kaya Ko sinasabing magiging sermon ito ng panghihikayat. Kung hindi mo malulutas ang kahirapan at mga problema ng mga tao sa mismong ugat nito, kung gayon ay hindi mo nilulutas ang mga problema ng mga tao gamit ang katotohanan. Ang mga hindi nakauunawa ng katotohanan ay palaging itataguyod ang kaalaman, reputasyon, at katayuan, at hindi kayang takasan ang mga limitasyon at pagkaalipin ng mga bagay na ito.

Pag-isipan ninyo ito—paano ninyo dapat ituring ang halaga, katayuang panlipunan, at pinanggalingang pamilya ng tao? Anong tamang saloobin ang dapat ninyong taglayin? Una sa lahat, dapat ninyong makita mula sa mga salita ng Diyos kung paano Niya itinuturing ang usaping ito; sa paraang ito lamang ninyo mauunawaan ang katotohanan at na hindi kayo gagawa ng anumang sumasalungat sa katotohanan. Kaya,

paano tinitingnan ng Diyos ang pinanggalingang pamilya ng isang tao, katayuang panlipunan, ang edukasyong natanggap niya, at ang yamang taglay niya sa lipunan? Kung hindi mo nakikita ang mga bagay-bagay batay sa mga salita ng Diyos at hindi mo kayang pumanig sa Diyos at tanggapin ang mga bagay-bagay mula sa Diyos, kung gayon, ang paraan ng pagtingin mo sa mga bagay-bagay ay siguradong malilihis sa nilalayon ng Diyos. Kung hindi ito malayo, na may kaunting hindi pagkakaayon lang, hindi iyon problema; kung ang paraan ng pagtingin mo sa mga bagay-bagay ay ganap na salungat sa nilalayon ng Diyos, kung gayon, ito ay taliwas sa katotohanan. Para sa Diyos, kung ano ang ibinibigay Niya sa mga tao at kung gaano karami ang ibinibigay Niya ay nakadepende sa Kanya, at ang katayuang mayroon ang mga tao sa lipunan ay inorden din ng Diyos at ganap na hindi itinakda ng sinumang tao. Kung pinagdudusa ng Diyos ang isang tao sa pamamagitan ng sakit at kahirapan, ibig sabihin ba niyon ay wala siyang pag-asang maligtas? Kung mababa ang halaga niya at mababa ang katayuan sa lipunan, hindi ba siya ililigtas ng Diyos? Kung mababa ang katayuan niya sa lipunan, mababa rin ba ang katayuan niya sa paningin ng Diyos? Hindi ganoon. Saan ito nakadepende? Nakadepende ito sa landas na tinatahak ng taong ito, sa paghahangad niya, at sa saloobin niya sa katotohanan at sa Diyos. Kung napakababa ng katayuang panlipunan ng isang tao, napakahirap ng kanyang pamilya, at mababa ang antas ng edukasyon niya, pero nananampalataya siya sa Diyos sa isang praktikal na paraan, at minamahal niya ang katotohanan at mga positibong bagay, kung gayon, sa mga mata ng Diyos, mataas o mababa ba ang halaga niya, marangal o aba ba ito? May halaga ito. Kung titingnan ito sa ganitong perspektiba, saan ba nakadepende ang halaga ng isang tao—kung mataas man o mababa, marangal man o hamak? Nakadepende ito sa kung paano ka nakikita ng Diyos. Kung nakikita ka ng Diyos na isang taong naghahangad ng katotohanan, kung gayon ikaw ay may kabuluhan at mahalaga—ikaw ay isang mahalagang sisidlan. Kung nakikita ng Diyos na hindi mo hinahangad ang katotohanan at na hindi mo tapat na ginugugol ang sarili mo para sa Kanya, kung gayon ikaw ay walang kabuluhan at walang halaga—ikaw ay isang hamak na sisidlan. Gaano man kataas ang pinag-aralan mo o gaano man kataas ang katayuan mo sa lipunan, kung hindi mo hinahangad o inuunawa ang katotohanan, kung gayon kailanman hindi magiging mataas ang halaga mo; kahit na maraming taong sumusuporta sa iyo, nagtataas sa iyo, at sumasamba sa iyo, isa ka pa ring hamak na kasuklam-suklam. Kaya, bakit ganito ang tingin ng Diyos sa mga tao? Bakit ang isang “marangal” na tao, na may mataas na katayuan sa lipunan, na itinataas at hinahangaan ng maraming tao, na maging ang prestihiyo niya ay napakataas, ay nakikita ng Diyos bilang hamak? Bakit ang paraan ng pagtingin ng Diyos sa mga tao ay ganap na salungat sa mga pananaw ng mga tao sa iba? Sinasadya ba ng Diyos na maging kasalungat Siya Mismo ng mga tao? Hinding-hindi. Ito ay dahil ang Diyos ay katotohanan, ang Diyos ay katuwiran, samantalang ang tao ay tiwali at walang katotohanan o katuwiran, at sinusukat ng Diyos ang tao sa Kanyang sariling pamantayan, at ang pamantayan Niya sa pagsukat ay ang

katotohanan. Puwedeng medyo abstrakto ito, kaya sa ibang salita, ang pamantayan ng panukat ng Diyos ay batay sa saloobin ng tao sa Diyos, sa saloobin niya sa katotohanan, at sa saloobin niya sa mga positibong bagay—hindi na ito abstrakto. Sabihin nating may isang taong may mataas na katayuan sa lipunan, may mataas na antas ng pinag-aralan, napaka-edukado at may pinong asal, at mayroon siyang partikular na maringal at kahanga-hangang kasaysayan ng pamilya, pero may isang problema: Hindi niya minamahal ang mga positibong bagay, nakakaramdam siya ng pagkasuklam, pagkamuhi, at pagkapoot sa Diyos mula sa kaibuturan ng puso niya, at kapag may nababanggit na bagay na may kaugnayan sa Diyos, may kaugnayan sa mga paksa ukol sa Diyos o sa gawain ng Diyos, nagngingitngit siya sa pagkapoot, nag-aapoy ang mga mata niya, at gusto pa nga niyang manakit ng ibang tao. Sa tuwing may taong magbabanggit sa paksang may kaugnayan sa Diyos o sa katotohanan, nakakaramdam siya ng pagkasuklam at pagkamapanlaban, at lumalabas ang kanyang malahayop na kalikasan. Mahalaga ba o walang kabuluhan ang gayong tao? Gaano kahalaga sa mata ng Diyos ang pinag-aralan niya, at ang sinasabi niyang katayuan at ang prestihiyong panlipunan? Walang anumang halaga. Paano itinuturing ng Diyos ang gayong mga tao? Paano inilalarawan ng Diyos ang kalikasan ng gayong mga tao? Ang gayong mga tao ay mga diyablo at mga Satanas, at sila ang mga pinakawalang-kabuluhan at kasuklam-suklam na nilalang. Kung titingnan ito ngayon, ano ang batayan sa pagtukoy ng halaga ng isang tao bilang marangal o hamak? (Ito ay ang kanilang saloobin sa Diyos, katotohanan, at mga positibong bagay.) Tama iyon. Una sa lahat, dapat maunawaan ng isang tao kung ano ang saloobin ng Diyos. Ang maunawaan ang saloobin ng Diyos at maunawaan ang mga prinsipyo at mga pamantayan kung paano tinutukoy ng Diyos ang mga tao, at pagkatapos ay sukatin ang mga tao batay sa mga prinsipyo at mga pamantayan ng pagtrato ng Diyos sa mga tao—ito lamang ang pinakatumpak, pinakaangkop, at pinakapatas. Mayroon na tayo ngayong batayan para sa pagsukat sa mga tao, kaya paano natin ito partikular na dapat isagawa? Halimbawa, ang isang tao ay may napakataas na pinag-aralan at gustong-gusto ng mga tao saanman siya pumunta, mabuti ang tingin ng lahat sa kanya, at sa tingin ng iba siya ay may magagandang kinabukasan—kung gayon ay tiyak bang ituturing siyang marangal sa mata ng Diyos? (Hindi ganoon.) Kaya paano natin dapat sukatin ang taong ito? Ang pagiging marangal at pagiging hamak ng isang tao ay hindi nakabatay sa katayuan niya sa lipunan, o sa kanyang pinag-aralan, lalong hindi ito nakabatay sa etnisidad niya, at siyempre hindi ito nakabatay sa nasyonalidad niya, kaya saan ito dapat ibatay? (Dapat itong ibatay sa mga salita ng Diyos at sa saloobin ng isang tao sa katotohanan at sa Diyos.) Tama iyon. Halimbawa, pumunta kayo sa U.S. galing sa mainland Tsina, at kahit na balang araw ay maging mga mamamayang Amerikano na kayo, magbabago ba ang halaga at katayuan ninyo? (Hindi.) Hindi, hindi ito magbabago; ikaw ay ikaw pa rin. Kung nananampalataya ka sa Diyos pero hindi mo makamtan ang katotohanan, kung gayon ikaw pa rin ang uri na mapapahamak. Ang ilang mababaw na tao ay hindi totoong nananampalataya sa Diyos

o naghahangad ng katotohanan, sumusunod sila sa sekular na mundo at, pagkatapos maging mga mamamayang Amerikano, sinasabi nila, “Kayong mga Tsino” at “Kayong mga taong mula sa mainland Tsina.” Sabihin ninyo sa Akin, ang gayong mga tao ba ay marangal o hamak? (Hamak.) Napakahamak nila! Kumikilos sila na para bang sa pagiging mamamayang Amerikano ay nagiging marangal sila—hindi ba’t napakababaw nila? Napakababaw nila. Kung kayang harapin ng isang tao ang katanyagan at pakinabang, katayuang panlipunan, kayamanan, at mga tagumpay sa akademya nang may ordinaryong puso—siyempre, ang ordinaryong pusong ito ay hindi nangangahulugang naranasan mo na ang mga bagay na ito at naging manhid ka na, kundi sa halip ay nangangahulugan itong may pamantayan ka ng pagsukat at hindi mo itinuturing ang mga bagay na ito bilang ang pinakamahalagang bagay sa buhay mo, at ang mga pamantayan at mga prinsipyo kung paano mo sinusukat at tinitingnan ang mga bagay na ito, pati na rin ang mga pagpapahalaga mo, ay dumaan na sa isang pagbabago, at puwede mong harapin ang mga bagay na ito nang tama at tingnan ang mga ito nang may ordinaryong puso—ano ang pinatutunayan nito? Pinatutunayan nito na napalaya ka na mula sa mga panlabas na bagay gaya ng tinatawag na katayuang panlipunan, halaga ng tao, at iba pa. Puwedeng hindi ninyo ito makakamit sa ngayon, pero kapag kaya ninyong totoong maunawaan ang katotohanan, magagawa ninyong makilatis ang mga bagay na ito. Bibigyan Ko kayo ng halimbawa. May isang taong nakasalamuha ang mayayamang kapatid at nakita niyang nakasuot sila ng mamahalin lang at na mukha silang mga maykaya, at hindi niya alam kung paano makikipag-usap o makikihalubilo sa kanila, kaya nagpakumbaba siya, sumipsip siya at binola ang mayayamang kapatid at umasal sa isang hindi kanais-nais na paraan—hindi ba’t pagbababa ito ng sarili niya? May isang bagay dito na nangingibabaw sa kanya. May ilang tao na tinatawag na “ate” ang nakikilala nilang mayamang babae at tinatawag na “kuya” ang isang mayamang lalaki. Gusto nilang laging sumipsip sa mga taong ito at irekomenda ang mga sarili. Kapag nakakita sila ng isang taong mahirap at walang-dating, na galing sa probinsiya na may mababang pinag-aralan, hinahamak nila ang mga ito at tumatangging magbigay-pansin sa mga ito, at nagbabago ang saloobin nila. Ang gayon bang mga pangkaraniwang gawi ay nangyayari sa iglesia? Nangyayari ang mga ito, at hindi ninyo ito maikakaila, dahil may ilan sa inyo na nagpakita ng gayong pag-uugali. Ang ilan ay tumatawag ng “kuya,” ang ilan ay tumatawag ng “ate,” at ang ilan ay tumatawag ng “tita”—seryoso ang ganitong mga gawi sa lipunan. Kung hahatulan ang pag-uugaling ito ng mga tao, hindi sila ang mga taong naghahangad ng katotohanan at hindi sila nagtataglay ni katiting na katotohanang realidad. Ang ganitong uri ng tao ang bumubuo ng karamihan sa inyo, at kung hindi sila magbabago, lahat sila ay ititiwalag sa huli. Bagaman hindi naaapektuhan ng mga maling pananaw na ito ang pagtanggap ng mga tao sa tunay na daan, puwedeng makaapekto ang mga ito sa buhay pagpasok ng mga tao at sa paggampan ng kanilang mga tungkulin; kung hindi siya isang taong tumatanggap sa katotohanan, malamang na magdulot siya ng kaguluhan sa iglesia. Kung nauunawaan mo ang layunin ng Diyos,

maaarok mo ang mga prinsipyo at mga pamantayan kung paano sinusukat ang mga bagay na ito. May iba pang aspekto, at iyon ay kahit ano pang uri ng katayuang panlipunan o pinag-aralan ng isang tao, o kung anong klaseng pamilya ang kanyang pinanggalingan, may isang katunayang dapat mong tanggapin: Hindi mababago ng mga pinag-aralan mo at ng pinanggalingan ng pamilya mo ang karakter mo, ni maiimpluwensiyahan ng mga ito ang disposisyon mo. Hindi ba't ganoon? (Ganoon nga.) Bakit Ko sinasabi ito? Kahit sa ano pa mang klase ng pamilya isinilang ang isang tao o anumang klaseng edukasyon ang tinanggap niya, mataas man ang pinag-aralan niya o hindi, at kahit ano pa ang klase ng panlipunang pinanggalingan kung saan siya ipinanganak, mataas man o mababa ang katayuan niya sa lipunan, ang kanyang tiwaling disposisyon ay kapareho lang ng iba. Lahat ng tao ay pare-pareho—hindi ito maiiwasan. Hindi mababago ng katayuang panlipunan at ng halaga mo ang katunayang miyembro ka ng sangkatauhan na ginawang tiwali ni Satanas, ni hindi mababago ng mga ito ang katunayang ikaw ay isang ginawang tiwaling tao na may mga tiwaling disposisyon na sumasalungat sa Diyos. Ano ang ibig Kong sabihin rito? Ang ibig Kong sabihin ay, gaano man kayaman ang pamilyang pinagsilangan mo o gaano man kataas ang pinag-aralan mo, may mga tiwaling disposisyon ka pa rin; kahit na marangal o hamak ka, mayaman o mahirap, may mataas o mababang katayuan, tiwaling tao ka pa rin. Samakatwid, pagkatapos ninyong tanggapin ang gawain ng Diyos, kayong lahat ay pantay-pantay, at patas at matuwid ang Diyos sa lahat. Hindi ba't dapat mayroon ang mga tao ng pagkaunawang ito? (Oo.) Sino ang taong hindi ginawang tiwali ni Satanas at walang mga tiwaling disposisyon dahil may mataas siyang katayuan sa lipunan at ipinanganak sa isang pinakamarangal na lahi ng sangkatauhan? Katanggap-tanggap ba itong sabihin? Nangyari na ba ang katunayang ito sa kasaysayan ng sangkatauhan? (Hindi.) Hindi, hindi pa. Sa katunayan, kasama na sina Job, Abraham, at ang mga propeta at sinaunang mga banal, pati na rin ang mga Israelita, walang taong makakaiwas sa pamumuhay sa hindi maikakailang katunayang ito: Sa pamumuhay sa mundong ito, ang buong sangkatauhan ay ginawang tiwali ni Satanas. Sa pagtiwali ni Satanas sa tao, wala itong pakialam kung mataas ba o mababa ang pinag-aralan mo, kung ano ang kasaysayan ng pamilya mo, kung ano ang apelyido mo, o kung gaano kalaki ang angkan mo, ang huling resulta ay: Kung nabubuhay ka sa sangkatauhan, nagawa ka nang tiwali ni Satanas. Samakatwid, ang katunayang mayroon kang mga satanikong tiwaling disposisyon at nabubuhay kang may mga satanikong tiwaling disposisyon ay hindi mababago ng halaga at pinag-aralan mo. Hindi ba't dapat mayroon ang mga tao ng pagkaunawang ito? (Oo, tama.) Kapag naunawaan na ninyo ang mga bagay na ito, sa hinaharap kapag may isang taong ipinagyayabang ang mga kaloob at kapital niya, o muli ninyong natuklasang mas “superyor” ang isang taong kasama ninyo, paano ninyo siya tatrathin? (Tatrathin ko siya ayon sa mga salita ng Diyos.) Tama. At paano ninyo siya tatrathin ayon sa mga salita ng Diyos? Kung wala kayong pinagkakaabalahan, at hinahamak at kinukutya ninyo sila, na sinasabi, “Tingnan mo kung gaano kataas ang pinag-aralan mo, anong ipinagyayabang mo? Sinasabi mo

na naman ang kapital mo, pero magagampanan mo ba nang maayos ang tungkulin mo? Kahit gaano man kataas ang pinag-aralan mo, hindi ba't ginawa ka pa ring tiwali ni Satanas?" kung gayon ito ba ang mabuting paraan ng pagtrato sa kanila? Hindi ito naaayon sa mga prinsipyo, at hindi ito isang bagay na dapat gawin ng isang taong may normal na pagkatao. Kung gayon, paano mo sila dapat tratuhin sa paraang naaayon sa mga prinsipyo? Hindi mo sila dapat tingalain, pero hindi mo rin sila dapat hamakin—hindi ba't isang pagkompromiso ito? (Oo.) Tama bang makipagkompromiso? Hindi, hindi ito tama. Dapat mo silang tratuhin nang tama, at kung magagamit mo ang katotohanang nauunawaan mo para tulungan sila, kung gayon ay tulungan mo sila. Kung hindi mo sila matutulungan, pero kung isa kang lider at nakikita mong angkop sila sa isang partikular na tungkulin, ipagawa mo sa kanila ang tungkuling iyon. Huwag mo silang hamakin dahil mayroon silang mataas na antas ng pinag-aralan, na iniisip na, "Hmp, ano bang silbi ng mataas ang pinag-aralan? Nauunawaan mo ba ang katotohanan? Hindi naman mataas ang pinag-aralan ko pero lider pa rin ako. Napakahusay ng kakayahan ko, mas magaling ako kaysa sa iyo, kaya mamaliitin kita at ipapahiya kita!" Ito ay kawalan ng konsensiya at pagkatao. Anong ibig sabihin ng "tratuhin sila nang tama"? Ang ibig sabihin nito ay pakitunguhan ang mga bagay nang naaayon sa mga katotohanang prinsipyo. At ano ang katotohanang prinsipyo rito? Ito ay ang tratuhin nang patas ang mga tao. Huwag ninyong itaas ang mga tao at tingalain sila, at huwag ninyong ibaba ang sarili ninyo sa harap nila, na pakiramdam ninyo ay nasa mas mababang antas kayo, at huwag ninyo rin silang bobolahin, huwag ninyo silang tatapakan, at huwag ninyo silang mamaliitin; maaaring hindi nila itinuturing na mataas ang kanilang halaga at hindi nila ipinagyayabang ang sarili. Tama bang palagi kang matakot na ipagyayabang nila ang sarili nila kaya lagi mo silang tinatapakan? Hindi, hindi ito tama. Kawalan ito ng konsensiya at pagkatao—kung hindi ka lumalabis sa isang panig, lumalabis ka naman sa kabilang panig. Ang tratuhin nang tama ang mga tao, ang tratuhin nang patas ang mga tao—ito ang prinsipyo. Mukhang simple ang prinsipyong ito, pero hindi ito madaling isagawa.

Dati, may isang lider na lilipat ng tirahan. Sinabi Ko sa kanya na puwede niyang isama ang mga nauugnay na lider ng grupo at mga miyembro, dahil magiging madali para sa kanila na magkakasamang pag-usapan ang gawain. Hindi mahirap maintindihan ang sinabi Ko—mauunawaan agad ito ng isang tao kapag narinig ito. Sa huli, ang mga nauugnay na tao na isinama niya ay iyong mga may "kredensiyal": Ang ilan ay nagdadala sa kanya ng tsaa, ang ilan ay naghuhugas ng mga paa niya at nagmamasaheng likod niya—sila ay puro mga sipsip. Gaano nakakasuka ang lider na ito? May isang taong may nakakahawang sakit na laging sumisipsip sa kanya at binobola ang lider na ito bawat araw, na sumusunod at nagsisilbi sa kanya. Handa pa nga ang lider na ito na mahawa ng sakit para maranasan niya ang pakiramdam na binobola. Sa huli, dahil ang taong ito na may nakakahawang sakit ay nagdusa ng pagbalik ng sakit niya pagkalipat nila, nabunyag din ang huwad na lider na ito. Samakatwid, nauunawaan man ng mga tao ang katotohanan o hindi, hindi sila dapat gumawa ng masama, hindi dapat gumawa

ng mga bagay na nakabatay sa kanilang mga ambisyon at pagnanais, at hindi dapat magkaroon ng kaisipang nagbabakasakali, dahil sinisiyasat ng Diyos ang puso ng tao at ang buong mundo. Ano ba ang saklaw ng “buong mundo”? Kasama rito ang kapwa materyal at di-materyal na mga bagay. Huwag subukang sukatin ang Diyos, ang awtoridad ng Diyos, o ang pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos gamit ang sariling isip. Ang mga tao ay mga nilalang at napakaliliit lang ng buhay nila—paano nila masusukat ang kadakilaan ng Lumikha? Paano nila masusukat ang pagkamakapangyarihan-sa-lahat at karunungan ng Lumikha sa paglikha Niya sa lahat ng bagay at ang pagiging may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay? Huwag na huwag kayong gagawa ng mga kamangmangan o masasamang bagay. Siguradong magdudulot ng kabayaran ang paggawa ng masama, at kapag isang araw ay ibinunyag ka ng Diyos, higit pa sa inaasahan mo ang matatamo mo, at sa araw na iyon ay tatangis ka at magngangalit ang mga ngipin mo. Dapat kang umasal nang may kamalayan sa sarili. Sa ilang bagay, bago ka ibunyag ng Diyos, mas makakabuti na ikumpara ang sarili sa mga salita ng Diyos, magnilay sa sarili at ilantad ang mga nakatagong bagay, tuklasin ang mga problema mo mismo, at pagkatapos ay hanapin ang katotohanan para malutas ang mga iyon—huwag mo nang hintaying ibunyag ka ng Diyos. Kapag ibinunyag ka ng Diyos, hindi ba’t ginagawa ka niyon na pasibo? Sa panahong iyon, nakagawa ka na ng pagsalangsang. Mula sa pagsisiyasat sa iyo ng Diyos hanggang sa pagbubunyag sa iyo, ang halaga mo at ang opinyon ng Diyos ukol sa iyo ay maaaring magkaroon ng isang malaking pagbabago. Ito ay dahil habang sinisiyasat ka ng Diyos, binibigyan ka Niya ng mga pagkakataon at ipinagkakatiwala sa iyo ang mga inaasam Niya, hanggang sa sandaling mabunyag ka. Mula sa pagkakatiwala ng Diyos ng mga inaasam Niya sa isang tao hanggang sa huli ay sa mauwi sa wala ang mga inaasam Niya, ano kaya ang nararamdaman ng Diyos? Nakakaranas ito ng matinding pagbagsak. At ano ang magiging kahihinatnan para sa iyo? Sa mga hindi gaanong seryosong kaso, maaaring maging pakay ka ng pagkamuhi ng Diyos, at isasantabi ka. Ano ang ibig sabihin ng “isasantabi”? Ibig sabihin nito ay pananatilihin at oobserbahan ka. At ano ang kahihinatnan sa mas seryosong mga kaso? Sasabihin ng Diyos, “Salot ang taong ito at hindi nga karapat-dapat na magserbisyo. Hinding-hindi Ko ililigtas ang taong ito!” Kapag nabuo na ng Diyos ang ideyang ito, wala ka na talagang kalalabasan, at kapag nangyari iyon, puwede kang lumuhod at tumulo ang dugo mo pero wala na itong magagawa, dahil nabigyan ka na ng Diyos ng sapat na mga pagkakataon pero hindi ka kailanman nagsisi at nagmalabis ka na. Samakatwid, anumang problema ang mayroon ka o anumang katiwalian ang ipinapakita mo, palagi mo dapat pagnilayan at kilalanin ang sarili mo sa liwanag ng mga salita ng Diyos o hilingin mo sa mga kapatid na ituro ang mga ito sa iyo. Ang pinakaimportante ay dapat mong tanggapin ang pagsisiyasat ng Diyos, lumapit ka sa Diyos, at hilingin sa Kanya na liwanagan at tanglawan ka. Anumang pamamaraan ang gamitin mo, ang mas maagang pagtuklas ng mga problema at pagkatapos ay paglutas sa mga ito ay ang epektong nakakamit sa pamamagitan ng

pagninilay sa sarili, at ito ang pinakamagandang bagay na magagawa mo. Huwag mo nang hintaying ibunyag ka ng Diyos at itiwag ka bago ka magsisi, dahil magiging masyado nang huli para manghinayang! Kapag ibinunyag ng Diyos ang isang tao, labis na ba Siyang napopoot o sobra na Siyang nahahabag? Mahirap sabihin ito, walang nakakaalam, at hindi Ko ito maipapangako sa iyo—ikaw ang bahala sa landas na tinatahak mo. Alam ba ninyo ang responsabilidad Ko? Sinasabi Ko sa inyo ang lahat ng kailangan Kong sabihin, ang bawat salitang dapat Kong bigkasin, nang walang pinalalampas na kahit isang salita. Anumang pamamaraan ang ginagamit Ko, ito man ay pagsusulat, pagkukuwento, o pagbubuo ng maliliit na programa, sa anumang paraan, ipinapahayag Ko ang katotohanang gusto ng Diyos na maunawaan ninyo sa pamamagitan ng iba't ibang paraan, habang sabay na ipinapaalam rin sa inyo ang mga problemang nakikita Ko. Binibigyang-babala, pinaaalalahanan, at hinihikayat Ko kayo, at binibigyan kayo ng ilang panustos, tulong, at suporta. Minsan nagsasabi rin Ako ng mabibigat na salita. Responsabilidad Ko ito, at nasa iyo na kung paano mo ipagpapatuloy. Hindi mo kailangang suriin ang pananalita at mga ekspresyon ng mukha Ko, at hindi mo kailangang masusing obserbahan kung ano ang opinyon Ko sa iyo—hindi mo na kinakailangang gawin ang mga ito. Kung anong kalalabasan mo sa hinaharap ay walang kinalaman sa Akin; may kinalaman lamang ito sa kung ano mismo ang hinahangad mo. Ngayon, naghahayag Ako at prangkang nagsasalita, napakalinaw ng sinasabi Ko. Narinig ba ninyo at naunawaan ang bawat salita at bawat pangungusap na sinabi Ko, at kung ano ang dapat Kong sabihin, kung ano ang kailangan Kong sabihin, at kung ano ang nasabi Ko na noon? Walang kahit anong abstrakto sa sinasabi Ko, walang hindi ninyo nauunawaan; naiintindihan ninyong lahat, kaya naisakatuparan na ang responsabilidad Ko. Huwag ninyong isipin na kailangan Ko pa rin kayong bantayan pagkatapos Kong magsalita at maging responsable para sa inyo, na nasa tabi ninyo hanggang sa wakas. Lahat kayo ay nananampalataya na sa Diyos sa loob ng ilang taon, nasa hustong gulang na kayong lahat at hindi na maliliit na bata. May mga lider kayo na responsable sa inyo kapag ginagawa ninyo ang mga bagay-bagay, hindi Ko responsabilidad iyon. Mayroon Akong sariling saklaw ng gawain, saklaw ng mga responsabilidad Ko; hindi Ko kailangan, ni hindi rin posible para sa Akin, na sundan ang bawat isa sa inyo at palagi kayong patnubayan at udyukan—hindi Ako obligadong gawin iyon. Tungkol sa kung ano ang hinahangad ninyo, kung ano ang sinasabi at ginagawa ninyo nang pribado, at kung anong landas ang sinusundan ninyo, wala sa mga bagay na ito ang may kinalaman sa Akin. Bakit Ko sinasabing walang kinalaman ang mga iyon sa Akin? Kung kaya ninyong gampanan ang mga tungkulin ninyo sa sambahayan ng Diyos sa isang angkop at wastong paraan, magiging responsable sa inyo ang sambahayan ng Diyos hanggang sa huli. Kung handa kayong gampanan ang tungkulin ninyo, magsakripisyo, tanggapin ang katotohanan at kumilos ayon sa prinsipyo, kung gayon ay gagabayan kayo ng sambahayan ng Diyos, tutustusan kayo, at susuportahan kayo; kung hindi kayo handang gampanan ang inyong tungkulin at gusto ninyong lumabas para magtrabaho at kumita

ng pera, bukas na bukas ang mga pinto ng sambahayan ng Diyos at makakatanggap kayo ng magiliw na pamamaalam. Gayumpaman, kung nagdudulot kayo ng kaguluhan, gagawa ng masama, at bubulabugin ang sambahayan ng Diyos, kung gayon kahit sino pa ang gumagawa ng masama, ang sambahayan ng Diyos ay may mga atas administratibo at mga pagsasaayos ng gawain, at haharapin kayo ayon sa mga prinsipyong ito. Naiintindihan ba ninyo? Nananampalataya na kayong lahat sa Diyos sa maraming taon, marami na kayong nabasang mga salita ng Diyos, at nakadalo na sa mga pagtitipon at nakapakinig na ng mga sermon sa loob ng maraming taon, kaya bakit hindi pa rin kayo nagsisisi o nagbabago kahit kaunti? Maraming tao ang nakapakinig na ng mga sermon sa loob ng maraming taon, at nakaunawa na ng ilang katotohanan, pero hindi pa rin sila nagsisisi, ginagampanan pa rin nila ang mga tungkulin nila sa isang pabasta-bastang paraan, at sila ang mga nanganganib na tao. Hayaan ninyong sabihin Ko sa inyo ang isang tunay na bagay: Huwag ninyong asahang palagi Ko kayong babantayan, aalagaan, at tuturuan kayo habang hawak Ko ang mga kamay ninyo, para may magawa kayong praktikal at epektibong bagay. Kung hindi Ko kayo babantayan o pangangasiwaan at uudyukan, at kayo ay magiging pabaya at mabagal ang pagsulong ng gawain, kung gayon ay tapos na kayo. Ipinapakita nito na ginagampanan ninyo ang inyong tungkulin nang hindi tapat at lahat kayo ay trabahador. Hayaan ninyong sabihin Ko sa inyo, nagampanan Ko na ang Aking ministeryo, at hindi Ako obligadong alagaan kayo. Ito ay dahil gumagawa at sinisiyasat kayo ng Banal na Espiritu sa mga bagay na ito; ang dapat Kong gawin ay nagawa na, ang dapat Kong sabihin ay nasabi na, ginanap Ko ang Aking ministeryo, tinupad Ko ang Aking responsabilidad, at ang natitira na lang ay ang maging responsable kayo sa inyong mga kilos at pag-uugali. Kung hindi ninyo tinatanggap ang katotohanan kundi patuloy na nagpapabaya at hindi kailanman mag-iisip na magsisi, kung gayon ang pagpaparusa at pagtitiwalag sa inyo ay wala nang kinalaman sa Akin.

Ang isang aspekto ng kuwentong kasasabi Ko lang ay nagtatalakay tungkol sa kung paano ituring ang katayuang panlipunan ng mga tao, ang halaga, ang pinanggalingang pamilya at ang pinag-aralan at iba pa, at kung ano ang mga pamantayan at mga prinsipyo sa pagturing sa mga ito; ang iba pang aspekto ay kung paano harapin ang mga ito at kung paano makilatis ang diwa ng mga ito. Kapag nakilatis mo na ang diwa ng mga bagay na ito, kahit na nasa puso mo pa ang mga ito, hindi ka na mapipigilan ng mga iyon at hindi na mamumuhay ayon sa mga ito. Kapag nakita mo ang isang walang pananampalataya na ipinagyayabang ang kanyang maluwalhating kasaysayan ng pagpasok sa unibersidad at pagkakaroon ng master's o doctorate, ano ang pananaw at saloobin mo? Kung sinasabi mo na, "Walang saysay ang pag-aaral ng undergraduate sa unibersidad. Ilan taon na akong nagtapos ng aking graduate degree," kung may ganito kang pag-iisip, magiging problema ito para sa iyo, at ipinapakita nito na hindi ka pa gaanong nagbabago sa iyong pananampalataya sa Diyos. Kung tatanungin ka nila sa pinag-aralan mo, at sasabihin mo, "Hindi nga ako nakapagtapos ng elementarya at hindi makapagsulat ng sanaysay," at nakikita ka nilang wala kang halaga at babalewalain ka na, kung gayon

hindi ba't perpekto iyon? Makakatipid ka ng oras para magbasa pa ng mga salita ng Diyos at mas magagampanan mo na ang tungkulin mo, at ito ang tamang gawin. Ano ang saysay ng pakikipagtsismisan sa mga walang pananampalataya at hindi mananampalataya? Kung sasabihin mong mababa ang antas ng pinag-aralan mo at walang katayuan sa lipunan, at may taong nangmamaliit sa iyo, ano ang gagawin mo? Huwag mo itong damdamin at huwag kang papigil, hayaan mo lang silang magsalita, hayaan mong sabihin nila ang gusto nila, walang kinalaman iyan sa iyo. Hanggang hindi ito nakakaantala sa paghahangad mo sa katotohanan sa iyong pananalig sa Diyos, ayos lang iyon. Maliit na paksa lang talaga ito, pero sa pang-araw-araw na buhay, sa pamamagitan ng mga bagay na ipinapahayag ng mga tao, makikitang binibigyang-halaga ng mga tao ang mga bagay na ito ng kapital at palagi nila itong dala sa kanilang puso. Hindi lamang nito maapektuhan ang pananalita at pag-uugali ng mga tao, kundi puwede rin nitong maapektuhan ang buhay pagpasok at ang pagpili nila sa tamang landas ng pananampalataya sa Diyos. Sige, hindi na Ako muling magsasalita tungkol sa ganitong uri ng paksa. Balikan natin ang paksang pinagbabahaginan natin noong nakaraan at magpatuloy tayo sa pagbabahagi at paghihimay sa iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo.

Isang Paghihimay Kung Gaano Kabuktot, Lihim na Mapanira, at Kamapanlinlang ang mga Anticristo

I. Isang Paghihimay tungkol sa Pagkamapanlaban at Pagkasuklam ng mga Anticristo sa mga Positibong Bagay at sa Katotohanan

Natapos na nating himayin ang pang-anim na pagpapamalas ng mga anticristo, at ngayon ay sisimulan na nating himayin ang pampito: Kung gaano kabuktot, lihim na kamapanira, at kamapanlinlang ang mga anticristo. Sinasabi ng ilang tao na, "Yamang hinihimay at inilalantad naman natin ang mga anticristo, hindi ba't masyadong magaan na sabihing sila ay buktot, lihim na mapanira, at mapanlinlang? Sino ba ang wala ni katiting na buktot o mapanlinlang na disposisyon? Lahat ng ordinaryong tao ay may mga tiwaling disposisyon na ito, kaya kung ilalantad at hihimayin natin sa ganitong paraan ang mga anticristo, hindi ba't ang ibig sabihin niyon ay anticristo ang lahat ng tao?" Mayroon ba sa inyong nag-iisip nang ganito? Kung mayroong sinuman sa inyo na talagang nag-iisip nang ganito, nagkakamali kayo. Mayroon bang pagkakaiba sa pagitan ng pagiging buktot, lihim na mapanira, at mapanlinlang ng mga anticristo at ng pagpapakita ng mga ordinaryong tao ng mga tiwaling disposisyong ito? Mayroon talagang pagkakaiba, dahil kung hindi, hindi natin isasama ang mga disposisyong ito sa mga pagpapamalas ng mga anticristo. Ngayon, pangunahin muna Akong magbabahagi tungkol sa pagkakaibang ito, bago Ako magsalita tungkol sa ilang totoong halimbawa at partikular na pagpapamalas ng buktot, lihim na mapanira, at mapanlinlang na mga disposisyon ng mga anticristo. Madaling maunawaan ang literal na kahulugan ng mga salitang "buktot," "lihim na mapanira," at "mapanlinlang." Ang mahirap ay ang pagkilatis sa pangunahing pagkakaiba

ng mga uri ng pagpapamalas na ito sa mga anticristo at sa mga ordinaryong tao, kung bakit natin inilalarawan ang isang uri ng tao na nagtataglay ng mga tiwaling disposisyon at diwang ito bilang isang anticristo, at kung ano ang pangunahing pagkakaiba sa pagitan ng mga anticristo at ng ordinaryong tiwaling sangkatauhan. Una, hayagang lumalaban ang mga anticristo sa katotohanan at sa Diyos; nakikipag-agawan sila sa Diyos para sa Kanyang mga hinirang na tao, sa Kanyang posisyon, at sa puso ng mga tao, at gumagawa pa nga ang mga anticristo ng iba't ibang bagay sa paligid ng mga hinirang na tao ng Diyos para makuha ang kanilang puso, at para ilihis at paralisahin sila. Sa madaling salita, ang kalikasan ng mga kilos at pag-uugali ng mga anticristo, ito man ay lantad o sikreto, ay palaging kumakalaban sa Diyos. Bakit Ko sinasabing ito ay kumakalaban sa Diyos? Ito ay dahil alam na alam ng mga anticristo na ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan at na ang Diyos ay ang Diyos, pero sinasalungat pa rin nila ang Diyos at hindi tinatanggap ang katotohanan kahit na paano man ito ibinabahagi. Halimbawa, inaakit ng ilang anticristo ang ilang tao at inililihis at kinokontrol ang mga ito. Pinapatalima at pinapasunod nila ang mga tao sa kanila, at pagkatapos ay mapandaya silang kumukuha ng lahat ng klase ng libro at materyales mula sa iglesia, at bumubuo sila ng sarili nilang mga iglesia at nagtatatag ng sarili nilang mga kaharian, nang sa gayon ay matamasa nila ang pagiging sinusunod at sinasamba ng kanilang mga tagasunod, at pagkatapos niyon ay nagsisimula silang maging palamunin ng iglesia. Ang ganitong klase ng pag-uugali ay malinaw na pakikipag-agawan nila sa Diyos para sa Kanyang hinirang na mga tao—hindi ba't isa itong katangian ng mga anticristo? Hindi ba makatarungan na ilarawan ang mga taong ito bilang mga anticristo batay sa kitang-kitang katangiang ito? Talagang makatarungan ito—napakatumpak ng paglalarawan na ito! May ilan ding anticristo na bumubuo ng mga pangkat sa loob ng iglesia at winawasak ang iglesia. Palagi silang gumagawa ng sarili nilang mga puwersa sa loob ng iglesia, at hindi nila isinasali ang mga hindi sumasang-ayon sa kanila. Pagkatapos ay pinapanatili nila sa tabi nila ang mga nakikinig at sumusunod sa kanila para bumuo ng sarili nilang mga grupo at pasunurin ang lahat sa sinasabi nila. Hindi ba't pagtatatag nila ito ng sarili nilang mga kaharian? Anuman ang mga pagsasaayos ng gawain o ang mga hinihingi ng ang Itaas, tumatanggi silang isakatuparan ang mga ito at sa halip ay kumikilos sila sa paraan nila, na inaakay ang mga tagasunod nila na hayagang salungatin ang ang Itaas. Halimbawa, hinihingi ng sambahayan ng Diyos na tanggalin kaagad ang mga lider at manggagawa na walang kakayahang gampanan ang tunay na gawain. Gayumpaman, iisipin ng isang anticristo: “Bagama't walang kakayahan ang ilang lider at manggagawa na gampanan ang tunay na gawain, sinusuportahan at sinasang-ayunan nila ako, at matagal ko na silang nililintang. Hindi puwedeng tanggalin ng ang itaas ang mga taong ito, maliban na lang kung alisin muna nila ako.” Sabihin ninyo sa Akin, hindi ba't ang iglesiang iyon ay nasa kontrol ng anticristong ito? Ang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos ay hindi nakalalampas sa anticristo at hindi maisakatuparan. Kapag matagal nang inilabas ang mga pagsasaayos ng gawain, at nag-ulat na ang lahat

ng iglesia kung paano nila isinagawa ang mga iyon, halimbawa, kung sino ba ang may pagtatalaga ng tungkulin na binago o ang tinanggal dahil sa kung anong sitwasyon, walang anumang iniulat kailanman ang anticristo at hindi niya kailanman binabago ang pagkakatalaga ng tungkulin ng sinuman. May ilang tao na palaging pabaya sa kanilang mga tungkulin, na seryosong naaapektuhan ang gawain ng iglesia, pero hindi binabago ng anticristo ang pagkakatalaga ng tungkulin nila. Kahit na deretsahan pang sabihin ng ang Itaas sa anticristo na tanggalin na ang mga taong ito, lilipas ang mahabang panahon na wala itong sagot. Hindi ba't may problema rito? Kapag sinasabi sa kanya ng ang Itaas na ipatupad ang mga pagsasaayos ng gawain o sinusubukang magtanong tungkol sa isang bagay, nahaharang na ito ng anticristo. Walang alam dito ang mga kapatid sa iglesia, wala silang natatanggap na mga mensahe, at nakahiwalay na sila sa ang Itaas—ganap nang nasa ilalim ng kontrol ng taong iyon ang iglesia. Ano ang kalikasan ng pagkilos ng isang anticristo nang ganito? Ito ay ang pagkontrol ng anticristo sa isang iglesia. Bumubuo ng mga pangkat sa iglesia ang mga anticristo, nagtatatag sila ng sarili nilang mga kaharian, sinasalungat nila ang sambahayan ng Diyos, at pinipinsala nila ang hinirang na mga tao ng Diyos. Naiwawala ng mga tao ang gawain ng Banal na Espiritu, hindi nila maramdaman ang presensiya ng Diyos, walang kapayapaan o kagalakan, nawawalan sila ng pananalig sa Diyos, at hindi na nila masiglang ginagampanan ang kanilang mga tungkulin. Nagiging negatibo at buktot pa nga sila, at tumitigil na ang mga buhay nila. Ang lahat ng ito ay bunga ng panlilihis at pagkontrol ng mga anticristo sa mga tao. Ngayon, sa lahat ng pastoral na lugar sa mainland Tsina, ilang huwad na lider at anticristo ang nalantad at tinanggal na. Ilan sa kanila ay mga huwad na lider at mga huwad na manggagawa na walang ginawang tunay na gawain. Lahat sila ay nagtataglay ng mga pagpapamalas ng mga anticristo, at lahat sila ay may mga disposisyon ng mga anticristo, pero hindi pa nila naabot ang antas ng pagiging mga anticristo, kaya tinanggal lang sila. Gayumpaman, ang ilang tao ay may sarili nilang batas, sila ang nasusunod sa lahat ng bagay, ganap nilang nilabag ang mga pagsasaayos ng gawain at ganap silang kumilos sa sarili nilang paraan, kaya inilarawan sila bilang mga anticristo at pinatalsik. Ang ganitong paraan ng paglalantad at pangangasiwa sa mga huwad na lider at mga anticristo ay napakaganda! Napakasaya Ko kapag nakikita Ko ang mga ulat na ito, dahil ipinapakita nito na ang ilan sa mga hinirang ng Diyos ay naunawaan na ang kaunting katotohanan pagkatapos ng ilang taong pakikinig sa mga sermon. Bakit Ko sinasabi na naunawaan na nila ang kaunting katotohanan? Ito ay dahil pagkatapos nilang makinig sa mga sermong ito, kaya na nilang maiugnay at magamit ang mga ito sa ilang usaping nakakaharap nila sa buhay. Pagkatapos nilang makinig sa mga katotohanang ito, maaaring hindi nila talaga nauunawaan ang mga ito sa sandaling iyon, pero kalaunan nakikilatis na nila ang mga tao at pangyayari. Nagkakaroon na sila ng mga prinsipyo at pamantayan na naipangsusukat nila sa mga may sariling batas, sa mga hindi ginagampanan ang tunay na gawain, sa mga hindi kayang lutasin ang mga tunay na problema, sa mga pabaya sa kanilang mga tungkulin at hindi nagdadala ng pasanin, at

sa mga hindi nakararamdam ng responsabilidad. Hindi ba't pagsulong ito? Ito ay pagsulong. Hindi masasabing nagtataglay sila ng tayog, naunawaan lamang nila ang kaunting katotohanan. Ang mga hinirang na tao ng Diyos ay may kaunting pagkilatis sa mga huwad na lider, sa mga anticristo, at sa ilan sa mga hindi gumagampan ng tunay na gawain at walang kakayahan sa kanilang gawain—hindi ba't mabuting bagay ito? Mabuting bagay ito; ipinapakita nito na ang mga hinirang na tao ng Diyos ay nauunawaan ang katotohanan at may pagkilatis, at kaya nilang kumampi sa Diyos at protektahan ang gawain ng iglesia—ito ay karapat-dapat ipagdiwang. Hindi posibleng mailigaw ng mga anticristo ang mga nakakaunawa sa katotohanan. Maaari nilang mailigaw ang mga hindi nakakaunawa sa katotohanan at walang pagkilatis sa loob ng ilang panahon, pero gaano katagal? Naniniwala Ako na habang mas nauunawaan ng mga tao ang katotohanan at mas nananalig sila sa Diyos, mas iikli ang aabuting panahon para matanggihan at maiwaksi nila ang mga gapos at pagpipigil ng mga anticristo. Samakatwid, kailangan pa rin na pagbahaginan natin ang iba't ibang detalyadong pagpapamalas ng mga anticristo, kung hindi, kapag nailigaw at nakontrol ng mga anticristo ang mga tao, magiging napakahirap para sa mga tao na makamit ang kaligtasan.

Ipinaliwanag Ko sa mga simpleng salita lang ang mga pagpapamalas ng mga anticristo at ang mga dahilan sa paglalarawan sa mga gayong tao bilang mga anticristo. Kung gayon, ano ang pagkakaiba sa pagitan ng mga pagpapamalas ng pagiging buktot, lihim na mapanira, at mapanlinlang na mga anticristo at ng mga tiwaling disposisyon ng mga ordinaryong tao? Nauunawaan ba ninyo ito? May ikukuwento Ako sa inyong isang istorya, at ang istoryang ito ay talagang may kaugnayan sa pagiging buktot, lihim na mapanira, at mapanlinlang. Ang Aklat ni Job sa Bibliya ay may tala ng pag-uusap ng Diyos at ni Satanas. Tinanong ng Diyos si Satanas, "Saan ka nanggaling?" (Job 1:7). At paano sumagot si Satanas? ("Sa pagpaparoo't parito sa lupa, at sa pagmamanhikmanaog doon" (Job 1:7).) Hanggang ngayon, hindi pa rin nauunawaan ng mga tao kung ano ang ibig sabihin ni Satanas dito—sinasalamon nito ang disposisyon nito. Bakit hindi nauunawaan ng mga tao kung ano ang ibig sabihin ni Satanas? Ito ay dahil hindi mo pa rin nahahanap kung saan mismo galing si Satanas. Ano ang isyu sa sinabi ni Satanas? May isang klase ng disposisyon dito, at iyon ay isang buktot na disposisyon. Tapusin muna natin ngayon ang tungkol sa paksang iyon at suriin natin kung ano ang sumunod na nangyari. Lumapit si Satanas sa Diyos at, pagkatapos nitong sumagot sa tanong ng Diyos, sinabi ng Diyos kay Satanas, "Iyo bang pinansin ang Aking lingkod na si Job, sapagkat walang gaya niya sa lupa, na sakdal at matuwid na lalaki, na natatakot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan?" (Job 1:8). Ano ang magiging karaniwang reaksiyon ng isang normal na tao kapag narinig niya na sinabi ito ng Diyos? (Gugustuhin niyang makita kung paano kumilos si Job.) Lisipin kaagad ng mga tao, "Natakot si Job sa Diyos at umiwas sa kasamaan at siya ay isang perpektong tao. Talagang hinahangaan ko siya!" Saan galing ang paghangang ito? Galing ito sa isang uri ng pag-asam, pagmamahal, at pananabik sa mga positibong bagay sa loob ng normal na pagkatao. Gayumpaman, kung hindi mo

minamahal ang katotohanan, anong ipapamalas mo kapag narinig mo ang mga salitang ito? (Pangungutya.) Kukutyain mo ang mga salitang ito at babalewalain ang mga ito. Pagkatapos ay iisipin ng ilang tao na, “Matakot sa Diyos at umiwas sa kasamaan? Ano itong pagkatakot na ito? Ano ang ibig sabihin ng ‘umiwas sa kasamaan’? Saan ka makakakita ng isang perpektong tao sa panahon ngayon?” Parang wala silang nararamdaman pagkatapos nilang marinig ang mga salitang ito, kaya may puso ba silang nag-aasam at nananabik sa mga ito? (Wala.) Ninanais ba nila ang mga ito? (Hindi.) Hinihiling ba nilang maunawaan kung ano mismo ang mga detalye sa loob nito? Mayroon ba silang ganitong kahilingan? Wala, wala sila nito; sa puso nila, ayaw nilang malaman. Mayroon pang isang klase ng tao na abnormal ang reaksiyon kapag narinig nila na sinabi ng Diyos na natakot si Job sa Diyos at umiwas sa kasamaan, na siya ay isang perpektong tao. Sinasabi nila, “Ha? Natakot si Job sa Diyos at umiwas sa kasamaan, at siya ay isang perpektong tao—may nabubuhay bang ganoong tao? Ipakita Mo sa akin kung paano siya naging perpekto—hindi ako naniniwala riyan!” Ang mga ganito bang tao, na may mga gayong ideya at pagpapamalas, ay talagang naniniwala at kumikilala sa mga salitang sinabi ng Diyos? (Hindi.) Hindi nila tunay na pinaniniwalaan o kinikilala ang mga iyon. Una, may isang punto na sigurado: Hindi nila kinikilala na totoo, mapagkakatiwalaan, at tumpak ang sinasabi ng Diyos, hindi nila itinuturing ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan, bilang ang mga salita ng Lumikha, at bilang ang kataas-taasang katotohanan para sa buong sangkatauhan. Dahil hindi nila itinuturing ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan, paano nila itinuturing ang Diyos? Dahil itinatatwa nila ang mga salita ng Diyos, posible kayang kilalanin nila na Diyos ang Diyos? Siguradong hindi, dahil itinatatwa nila ang mga salita ng Diyos, itinatatwa ang perspektiba ng Diyos, at itinatatwa ang mga kasabihan ng Diyos, ang ipinapahiwatig niyon ay itinatatwa nila ang pag-iral ng Diyos at itinatatwa na Siya ay ang realidad ng lahat ng positibong bagay. Sigurado ito. May isa pang punto: Ano ang saloobin ng mga taong gaya nito sa mga katotohanang ipinapahayag ng Diyos at sa mga positibo at negatibong bagay, at anong disposisyon ang nasa likod ng kanilang saloobin? Ano ang pananaw nila kay Job? “Hindi iyon posible! Mayroon pa bang taong kagaya niya sa mundo? Ito ay isang labi na lang ng kasaysayan. Ang taong katulad niyon ay hindi dapat nabubuhay sa mundong ito. Ang dapat lang nabubuhay ay ang mga taksil at hindi mabuti, ang mga masama, at buktot. Dapat mamatay at hindi mabuhay ang mga taong gaya ni Job!” Anong disposisyon ito? (Kabuktutan.) Ito ang kabuktutan ni Satanas. May mga tao ba ngayon sa sangkatauhan na may eksaktong katulad na buktot na disposisyon ni Satanas? Anong klaseng mga tao, na kapag narinig nila na sinabi ng Diyos na, “Natatakot si Job sa Diyos at umiwas sa kasamaan; siya ay isang sakdal na lalaki,” ang hindi kumbinsido, tumatangging tanggapin ito, may pagkasuklam at pandidiri, at may mga pagsumpa pa ngang lumilitaw sa puso nila? Puwede ba nating sabihin na ang mga taong nagbibigay-daan na lumitaw ang mga gayong bagay ay mga kauri ni Satanas? (Oo.) Kung gayon, sumusobra na ba kung ilarawan bilang mga anticristo ang mga taong ito? (Hindi.) Noong sabihin ng Diyos

kay Satanas nang malinaw at seryoso na, “Natatakot si Job sa Diyos at umiiwas sa kasamaan; siya ay isang sakdal na lalaki,” ano ang saloobin ni Satanas? Pinagdudahan nito ang katunayang ito. Ang isang aspekto nito ay iyong pinagdudahan ni Satanas na si Job ay gayong klase ng tao at hindi nito naisip na posible iyon. Ito ay dahil buktot si Satanas at naniniwala ito na buktot ang lahat ng bagay; hindi ito naniwala na puwedeng magkaroon ng isang tao sa sangkatauhan na masyadong kamangha-mangha, na talagang makikitang perpekto ng Diyos—hindi pinaniwalaan ni Satanas ang katunayang ito. Ang isa pang aspekto ay iyong noong matuklasan ng Diyos ang isang mabuting tao gaya ni Job, ano ang nadama ni Satanas sa puso nito? Una, sa pinakamababaw na antas, nakadama ito ng pagseselos, inisip nito na, “Paanong nagkaroon ng isang perpektong tao? Hindi ba’t ginawa ko nang tiwali ang buong sangkatauhan? Ang lahat ng tao ay kagaya ko, pinagtaksilan Ka nilang lahat. Paanong susundin Ka nila?” Kung isasalin natin ito sa lengguwahe ng tao, ito ang mentalidad nito. Hindi naniwala si Satanas na posible ito, at may dalawang bahagi sa hindi nito paniniwalang posible ito: Ang una ay hiniling ni Satanas na hindi sana umiral si Job, habang ang ikalawa ay naisip ni Satanas, “Kahit pa nabubuhay siya, lilipulin ko siya.” Hindi ba’t ito ang kabuktutan ni Satanas? (Oo.) Ito ang kabuktutan ni Satanas. Ayaw nito na lumapit sa Diyos ang isang tunay na mabuting tao, isang taong natatakot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan, ayaw nitong mabuhay sa mundo ang isang taong kagaya ni Job, ayaw nitong mabuhay ang isang taong gaya nito, at lalo nang ayaw nitong lumitaw ang isang taong gaya nito—ito ang kabuktutan ni Satanas. Ano ang pinagmulan ng kabuktutan ni Satanas? Ang disposisyong diwa nito ay buktot. Bukod dito, si Satanas ay laban din sa lahat ng positibong bagay. Ano ang kasama sa “lahat ng positibong bagay”? Kasama rito ang mga taong natatakot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan at mga perpekto. Sa pagiging laban kay Job, hindi ba’t si Satanas ay laban sa Diyos? (Oo.) Ganito nga talaga ang mga bagay-bagay. Habang si Satanas ay laban kay Job, kinamumuhian din nito ang Diyos. Gusto nitong walang sumamba sa Diyos—ito ang pinakamagpapasaya rito at ito ang pinakamalaking hinihiling nito. At pagkatapos, naging ganap na salungat sa inaasahan nito, sa gusto nitong makita, at sa inaasam nito, ang lahat ng katunayang ito. Ang gayong kamangha-manghang bagay ay nangyari sa harap nito mismo, pero ang kabuktutan nito, ang kalupitan nito, ay nagdulot na magkaroon pa ito ng isa pang pakikipag-usap sa Diyos, na siyang ang sumusunod na diyalogo sa pagitan nito at ng Diyos. May nakakaalam ba sa orihinal na teksto? (“Natatakot ba nang walang kabuluhan si Job sa Diyos?” (Job 1:9).) Hindi deretsahang nagsalita si Satanas, may patibong na nakatago sa mga salita nito. Sinabi nito, “Natatakot ba nang walang kabuluhan si Job sa Diyos?” para pag-isipan mo ito. Sabihin mo sa Akin, alam ba ng Diyos ang ibig sabihin ni Satanas dito? (Oo.) Alam ng Diyos. Kilalang-kilala ng Diyos si Satanas at nakikita ng Diyos ang usaping ito nang napakalinaw. Pagkasabi pa lang nito na, “Natatakot ba nang walang kabuluhan si Job sa Diyos?” alam na ng Diyos kung ano ang gagawin ni Satanas. Nang makita ng Diyos na may gustong gawin si Satanas, alam ng Diyos na dumating na ang

pagkakataon, na dumating na ang oras para gamitin Niya si Satanas upang subukin si Job. Kaya, sino sa kanila ang marunong? (Ang Diyos.) Hindi ito alam ni Satanas at naisip nito, “Hindi ba’t hindi ako pinahintulutan ng Diyos na pakialaman si Job? Hindi ko kailanman inasahang papayagan ito ng Diyos ngayon.” Ihihinto natin ang istorya rito. Alam na naman ng lahat kung ano ang sumunod na nangyari.

Ngayon ay himayin natin ang mga pagpapamalas at disposisyon ni Satanas sa sinabi nito, pati na rin kung ano mismo ang motibasyon at mga intensyon nito sa pagsasabi nito. Una, hindi naniwala si Satanas sa sinabi ng Diyos, ibig sabihin, nagkimkim si Satanas ng isang nagdududang saloobin sa nilalaman at sa mga katunayan ng mga salitang binigkas ng Diyos. Kasabay ng pagdududa sa sinabi ng Diyos, ginusto nitong gumamit ng kung anong pamamaraan para itatwa ang sinabi ng Diyos, pero hindi ito direktang maitatwa ni Satanas. Nasaan ang kabuktutan ni Satanas? Ito ay nasa paggamit nito ng mas mapanlinlang pang pamamaraan, sinasabi sa puso nito na, “Hindi Kita deretsahang itatatwa. Hihingin kong tulutan Mo akong abusuhin si Job, at pagkatapos ay gagawin kong itatwa Ka niya. Ito ang pinakamagandang kalalabasan. Hindi ba’t mabibigo Ka kung ganoon?” Ito ang layon ni Satanas. Anong disposisyon ang ipinakita ni Satanas sa diyalogo nito sa Diyos at sa mga kaisipan nito? Malinaw na buktot ang disposisyon. Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng kabuktutan ni Satanas at ng kabuktutan ng ordinaryong tiwaling sangkatauhan? Anong papel ang ginagampanan ni Satanas dito? Hindi nito direktang hinanap si Job para itatwa ni Job ang Diyos. Kung lumaban si Job ay mapapahiya si Satanas, kaya hindi kumilos si Satanas sa ganitong paraan. Kaya, ano ang ginawa ni Satanas? Ano ba mismo ang motibasyon ni Satanas at ang pamamaraan at mga estratehiya nito sa paggawa ng ginawa nito? (Ang umatake gamit ang iba.) Talagang minamaliit mo si Satanas; ang kabuktutan ni Satanas ay hindi maaarok ng mga tao. Ang lahat ng makatarungan at kamangha-manghang positibong bagay sa mundo ay hindi kamangha-mangha kay Satanas—gusto nitong gawing buktot at marumi ang lahat ng bagay na ito. Ano ang pinakamalaking pagkakaiba sa pagitan ni Satanas at ng mga tiwaling tao? Ang pinakamalaking pagkakaiba ay iyong alam na alam nito na ang Diyos ang katotohanan, na ang Diyos ay may karunungan at awtoridad, at na ang Diyos ang pinagmumulan ng lahat ng positibong bagay, pero hindi kinikilala ni Satanas ang mga ito, at sa halip ay kinasusuklaman, pinandidirihan, kinamumuhian, at isinusumpa pa nga nito ang lahat ng ito. Gayunman, madalas inililigaw ni Satanas ang mga tiwaling tao, at hindi nila alam kung ano ang mga positibong bagay, o kung ano ang mga matuwid, at lalo na kung ano ang katotohanan o kung ano ang hinihingi ng Diyos. Bagama’t nagbubunyag sila ng ilang tiwaling disposisyon, nabubunyag ang buktot at mapanlinlang na mga tiwaling disposisyon na ito habang ang mga tao ay hangal, ignorante, manhid, bulag at naloko, at hindi nauunawaan ang katotohanan, samantalang si Satanas ay sinasadyang gumawa ng mali. Bakit natin ito tinatawag na Satanas? Dahil nakikita nito ang lahat ng ginagawa ng Diyos sa espirituwal na mundo at sa buong sansinukob at, habang nasasaksihan nito ang lahat ng iyon, itinatatwa pa rin nitong

umiiral ang Diyos, na ang Diyos ang katotohanan, at ang katunayan na ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa buong sangkatauhan. Gaano man karaming tao ang sumusunod sa Diyos, gaano man kadakila ang gawaing ginagawa ng Diyos, gaano man kadakila ang hawak na awtoridad ng Diyos, o gaano man kamakapangyarihan sa lahat ang Diyos, itinatatwa pa rin ni Satanas ang lahat ng ito at walang kahihiyan o karangalan nitong pinaparalisa, binubulag, at ginagawang tiwali ang sangkatauhan, gamit ang lahat ng uri ng pamamaraan para iligaw ang sangkatauhan at pasunurin ang sangkatauhan sa kanya. Ano ang kasasabi Ko lamang na mga pangunahing pagpapamalas ng mga kabuktutan ni Satanas? Dalubhasa si Satanas sa pagsalungat sa Diyos, hindi nito kinikilala ang sinasabi ng Diyos gaano man katama ang mga salita ng Diyos, hindi nito kinikilala na mga positibong bagay at katotohanan ang mga salita ng Diyos, at binabaligtad nito ang mga bagay-bagay. Halimbawa, ipinatala ng Diyos sa mga tao ang kasaysayan ng paglikha ng Diyos sa tao, at bukod sa mga tala ng mga katunayan ng paglikha ng Diyos sa tao, may mga bakas din ng ebidensiya na puwedeng makita. At ano ang ginawa ni Satanas? Inimbento nito ang “Darwinismo” at sinabing galing sa mga unggoy ang tao, gumuhit ito ng larawan na nagpapakita na unti-unting nag-eevolve ang mga unggoy mula sa mga nilikhang may apat na paa hanggang sa maging mga taong may dalawang paa na lumalakad nang nakatayo, na gumawa ng maling paniniwala at kabulaanan na ito. Bilang resulta, kahit na itinatatwa ngayon ng ilang tao ang ebolusyon, marami pa ring tao ang hindi naniniwala na galing sa Diyos ang tao. Hindi ba’t kabuktutan ito ni Satanas? (Oo.) Ito ang kabuktutan ni Satanas. Gaano man kadakila ang gawain na personal nitong nasasaksihan na ginagawa ng Diyos, nilalabanan at sinasalungat pa rin nito ang Diyos hanggang sa dulo. Bawat araw na hindi winawasak ng Diyos si Satanas o nilulutas ito, patuloy itong sumasalungat sa Diyos. Nandito ang kabuktutan ni Satanas, at ang pinakaugat nito ay na ang diwa ni Satanas ay buktot.

Sa pag-uusap ni Satanas at ng Diyos sa Aklat ni Job, mayroon bang koneksiyon sa pagitan ng mga pagpapamalas ni Satanas at ng mga pagpapamalas ng mga anticristo? (Mayroon.) Ano ang koneksiyon? Bakit Ko iniuugnay ang siping ito? Ang pagiging buktot, lihim na mapanira, at mapanlinlang ng mga anticristo ay isang paksang madalas ninyong makatagpo, at ang mga ito ay mga aktuwal na pagpapamalas din na madalas ninyong makita, kaya bakit Ko inililista nang hiwalay ang mga pagpapamalas na ito ng mga anticristo bilang isang aytem para himayin? Katatapos lang nating pag-usapan ang kabuktutan ni Satanas at kung paano ito partikular na lumalaban sa Diyos, kaya hindi ba’t ginagawa rin ito ng mga anticristo? (Ginagawa rin nila.) Ano ang mga pagpapamalas ng mga anticristo? Pagkatapos makinig ng isang anticristo sa isang sermon, alam niyang maganda ang sermon at kaya nitong maunawaan ang mga salitang iyon. Bukod pa roon, may kaunti itong kakayahan, at kapag naunawaan na niya ang mga salitang iyon, nagsisikap itong tandaan ang mga ito, at sinusubukan nitong isapuso ang mga bagay na gusto niya at na umaayon sa sarili niyang mga kurukuro. Pagkatapos, batay rito, nagpoproseso at bumubuo siya ng sarili niyang sermon,

na sa tingin ng ibang tao ay napakaganda kapag narinig nila ito. Gayumpaman, hindi ito ang pangunahing pagpapamalas ng kabuktutan ng isang anticristo; ano ang kanyang pangunahing pagpapamalas? Ang mga taong gaya nito ay kayang maunawaan ang katotohanan, kaya, sabihin ninyo sa Akin, kaya ba nilang makita ang pagkakaiba ng tama at mali? (Oo.) Oo, kaya nila, hindi sila estupido. Halimbawa, madalas nilang nakakaugnayan ang mga kapatid, at alam nila sa puso nila kung aling mga tao ang naghahangad sa katotohanan at alin ang hindi. Alam nila sa puso nila kung sino ang kayang maglaan ng kanilang sarili at magsuko ng mga bagay-bagay, kung sino ang kayang tapat na gampanan ang kanilang tungkulin, at kung sino ang siguradong kayang pumili na isagawa ang katotohanan at kumilos alinsunod sa mga prinsipyo kapag nahaharap sila sa mga ordinaryong usapin. Pero matatrato ba nila nang patas ang mga gayong tao? (Hindi.) Paano nila tinatrato ang mga tao sa paraan na nagpapakita ng pagpapamalas ng mga anticristo? Halimbawa, may isang taong hindi naman banta sa kanila, at iniisip nila na, “Hinahangad mo ang katotohanan at mas mahusay ang kakayahan mo kaysa sa akin, pero hindi kita iaangat. Ang hindi ko pag-angat sa iyo ay hindi nangangahulugang babalewalain kita. Kung sisipsip ka sa akin, pananatilihin kita sa tabi ko. Kung hindi ka kailanman sisipsip sa akin at palagi kang matuwid, kung palagi mong ginagawa ang mga bagay sa paraan na walang kinikilingan at sumusunod sa mga prinsipyo, makikilatis mo ang anumang masamang gawin ko at mahahalata mo ako, at magbabahagi ka sa akin tungkol sa katotohanan para pagsisihin ako, at masyado akong ipapahiya niyon. Kung hindi mo ako pakikialaman, ayos lang. Kung palagi kang makikialam sa akin, tatanggalin kita!” Ito ang klase ng planong mayroon sila, at nagkakalkula sila nang ganito sa puso nila. Anong disposisyon ito? Mayroon silang dalawang disposisyon: kalupitan at kabuktutan. Ganito sila mag-isip bago nila gawin ang gayong pagkilos at pahirapan ang taong ito—ito ay kabuktutan. Alam na alam nilang hinahangad ng taong ito ang katotohanan at na may pagpapahalaga ito sa katarungan, pero hindi nila iniaangat ito, hindi sila nakikipaglapit dito, at pakiramdam nila sa puso nila ay mapagbantay sila at nasusuklam sa taong ito—ano ang disposisyong ito? Ito ay kabuktutan. Ano ang tinutukoy ng kabuktutang ito? Hindi sa hindi nauunawaan ng mga anticristo kung ano ang mga positibong bagay at kung ano ang mga negatibong bagay; alam nila kung ano ang tamang landas, hindi nga lang sila sumusunod dito, hindi nila isinasagawa ang katotohanan, wala silang pinakikinggan, at pinipili nila ang landas ng kabuktutan. Halimbawa, may ilang babae na ayaw maging mga babaeng may mabuting moralidad at mamuhay ng isang angkop at wastong buhay, sa halip ay pumupunta sila sa bahay-aliwan. Sa mga panahong ito ay wala namang nambubugaw sa kanila o pumipilit sa kanila, kaya bakit sila pumupunta sa bahay-aliwan? Ito ay dahil buktot sila at ipinanganak sila para maging ganoon. Ang mga anticristo ay ganitong klaseng basura, at hinihimay natin sila at inilalarawan sila bilang mga anticristo dahil ang kabuktutan ng mga anticristo ay hindi kailanman puwedeng maging pagkamatuwid at kabutihan ng mga normal na tao—ito ang pagkakaiba sa pagitan nila at ng mga normal na tao na

may mga tiwaling disposisyon. Pungusan man sila, o gamitin man ng iglesia ang mga administratibong hakbang para parusahan sila, o bumangon man ang mga kapatid para salungatin at ilantad sila, walang makakapagbago sa orihinal na layunin at mga prinsipyo ng kanilang pagkilos—hindi ito kailanman mangyayari. Walang makakapagbago sa kanila, walang makakaantig sa puso nila para bitiwang nila ang kanilang mga pananaw o ang mga prinsipyo ng kanilang pag-asal; hindi mo sila mababago—mga anticristo sila. Akala mo ba ay napakabuktot ng mga anticristo na hindi na nila alam kung ano ang mabuti at kung ano ang masama? Alam nila. Kapag nag-uulat ng isyu ang anticristo o gumagawa ito ng ulat sa ang Itaas tungkol sa gawain, sumusulat ito ng magagandang pakinggang mga salita, at kung babasahin mo ang mga ulat na ito, iisipin mong ang taong ito ay may napakahusay na kakayahan. Gayumpaman, kapag nalaman mo na ang tunay na sitwasyon, matutuklasan mo na sa kanyang gawain ay palagi niyang nilalabag ang mga pagsasaayos ng gawain, inaapi niya ang mga naghahangad sa katotohanan, at ginugulo niya ang gawain ng iglesia—isa siyang anticristo. Ang ilang anticristo ay nag-iwan ng mga komento sa website ng ating iglesia, at kung hindi mo alam ang pinanggalingan o pinagmulan nila, makikita mo lang kung gaano kagaling na naipahayag ang mga komento nila, na talagang malinaw na naisulat at may magandang istilo, at iisipin mong ang taong ito ay may mahusay na kakayahan. Kapag nalaman mo na ang tungkol sa kanila ay saka mo malalaman na anticristo sila, na gumawa sila ng maraming kasamaan at pinatalsik na sila sa iglesia tatlong taon na ang nakakalipas. Patuloy silang naglalagay ng mga mensahe sa website ng sambahayan ng Diyos para mapansin ng ang Itaas, para maiangat sila at mabigyan sila ng pagkakataong makabawi; ganoon iyon. Sabihin ninyo sa Akin, gusto ba ng mga anticristo na pagpalain? (Oo.) Talagang gusto nila; natatakot sila sa kamatayan at natatakot silang mamatay.

Ano ang pangunahing pagpapamalas ng kabuktutan ng isang anticristo? Iyon ay iyong malinaw nilang alam kung ano ang tama at kung ano ang umaayon sa katotohanan, pero pagdating sa paggawa nila ng isang bagay, pipiliin lamang nila ang lumalabag sa mga prinsipyo at sumasalungat sa katotohanan, at ang tumutugon sa kanilang mga interes at katayuan—ito ang pangunahing pagpapamalas ng buktot na disposisyon ng isang anticristo. Gaano man karaming salita at doktrina ang nauunawaan nila, gaano man kagandang pakinggan ang lengguwaheng ginagamit nila sa mga sermon, o gaano man sila mukhang may espirituwal na pang-unawa sa tingin ng ibang tao, kapag ginagawa nila ang mga bagay-bagay, pinipili lamang nila ang isang prinsipyo at isang paraan, at iyon ay ang sumalungat sa katotohanan, ang protektahan ang kanilang mga interes, at ang labanan ang katotohanan hanggang sa huli, nang sandaang porsiyento—ito ang prinsipyo at pamamaraang pinipili nilang gawin. Bukod dito, ano mismo ang diyos at ang katotohanan na binubuo nila sa kanilang puso? Ang saloobin nila sa katotohanan ay iyong gusto lang nilang sabihin at maipangaral ito, at ayaw nilang isagawa ito. Nagsasalita lang sila tungkol dito, dahil gusto nilang hangaan sila ng mga hinirang na tao ng Diyos at pagkatapos ay magamit nila ito upang maagaw ang posisyon ng lider ng

iglesia at makamit ang kanilang layon na makontrol ang mga hinirang na tao ng Diyos. Ginagamit nila ang pangangaral ng doktrina para makamit ang kanilang mga layon—hindi ba't pagpapakita nila ito ng paghamak sa katotohanan, paglalaro sa katotohanan, at pagyurak sa katotohanan? Hindi ba't sinasalungat nila ang disposisyon ng Diyos sa pagtrato sa katotohanan sa ganitong paraan? Ginagamit lamang nila ang katotohanan. Sa puso nila, islogan ang katotohanan, ilang matataas na salita, matataas na salita na puwede nilang gamitin para iligaw ang mga tao at maakit ang mga ito, na makakapawi ng pagkauhaw ng mga tao sa mga kamangha-manghang bagay. Iniisip nila na walang sinuman sa mundong ito ang makapagsasagawa sa katotohanan o makapagsasabuhay sa katotohanan, na hindi talaga ito uubra, na imposible ito, at na ang mga kinikilala ng lahat at ang gumagana lamang ang siyang katotohanan. Kahit na pinag-uusapan nila ang katotohanan, sa puso nila ay hindi nila kinikilala na ito ay ang katotohanan. Paano natin masusubok ang bagay na ito? (Hindi nila isinasagawa ang katotohanan.) Hindi nila kailanman isinasagawa ang katotohanan; ito ay isang aspekto. At ano ang isa pang importanteng aspekto? Kapag nahaharap sila sa mga bagay sa tunay na buhay, ang doktrinang nauunawaan nila ay hindi kailanman gumagana. Mukha silang may tunay na espirituwal na pang-unawa, sunod-sunod silang nangangaral ng doktrina, pero kapag naharap sila sa mga isyu, baluktot ang mga pamamaraan nila. Kahit na hindi nila maisagawa ang katotohanan, ang ginagawa nila ay dapat umaayon man lang sa mga kuru-kuro at imahinasyon ng mga tao, umaayon sa mga pamantayan at kagustuhan ng mga tao, at kahit papaano ay katanggap-tanggap sa iba. Sa ganitong paraan, mananatiling matibay ang posisyon nila. Gayumpaman, sa tunay na buhay, ang mga ginagawa nila ay labis na baluktot, at sapat na ang isang tingin para masabing hindi nila nauunawaan ang katotohanan. Bakit hindi nila nauunawaan ang katotohanan? Sa puso nila, tutol sila sa katotohanan, hindi nila kinikilala ang katotohanan, nasisiyahan silang gawin ang mga bagay nang ayon sa mga satanikong pilosopiya, palagi nilang gustong pangasiwaan ang mga usapin gamit ang mga paraan ng tao, at kung kaya nilang makumbinsi ang iba at magkamit ng prestihiyo sa pamamagitan ng pangangasiwa nila sa mga bagay na ito, iyon ay sapat na sa kanila. Kapag naririnig ng anticristo ang isang tao na nangangaral ng hungkag na teorya kapag pumupunta sila sa isang lugar, masyado silang nasasabik, pero kapag may isang tao roon na nangangaral ng katotohanang realidad at nagdedetalye ng gaya ng iba't ibang kalagayan ng mga tao, pakiramdam nila palagi ay pinupuna sila at pinatatamaan sa puso nila ng tagapagsalita, kaya nasusuklam sila at ayaw nilang makinig. Kapag hinilingan silang magbahagi tungkol sa kalagayan nila kamakailan, kung sumulong ba sila, at kung may nakaharap ba silang kahit anong paghihirap sa pagganap nila sa kanilang tungkulin, wala silang masabi. Kung magpapatuloy kang magbahagi sa aspektong ito ng katotohanan, nakakatulog sila; hindi sila nasisiyahang makinig dito. May ilan ding tao na lumalapit kapag nakikipagkuwentuhan ka sa kanila, pero kapag narinig nila ang isang tao na nagbabahagi tungkol sa katotohanan, nagtatago sila sa sulok at natutulog—wala silang

kahit anong pagmamahal sa katotohanan. Hanggang sa anong antas sila walang pagmamahal sa katotohanan? Sa di-gaanong seryosong banda, wala silang interes dito at sapat na sa kanila na maging mga trabahador; sa seryosong banda, tutol sila sa katotohanan, partikular silang nasusuklam sa katotohanan, at hindi nila ito matanggap. Kung ang ganitong uri ng tao ay isang lider, siya ay isang anticristo; kung siya naman ay isang ordinaryong tagasunod, tinatahak pa rin niya ang landas ng mga anticristo at siya ang tagapagmana ng mga anticristo. Sa panlabas, mukha siyang matalino at may kaloob, na may magandang potensiyal, pero ang kanyang kalikasang diwa ay sa isang anticristo—ganoon iyon. Saan nakabatay ang mga paghatol na ito? Nakabatay itong lahat sa saloobin ng mga tao sa katotohanan at sa kanilang saloobin sa mga positibong bagay. Ito ang aspekto tungkol sa pakikitungo ng mga tao sa katotohanan. Ang isa pang aspekto ay, kadalasan, hindi deretsahang hinaharap ng mga tao ang katotohanan, may ilang bagay na hindi kinasasangkutan ng katotohanan, hindi maisip ng mga tao kung anong aspekto ng katotohanan ang may kinalaman, kaya, sino ang deretsahang hinaharap ng mga tao? Ang deretsahan nilang hinaharap ay ang Diyos. At paano tinatrato ng mga taong ito ang Diyos? Sa aling mga pagpapamalas nila ipinapakita ang kanilang mga buktot na disposisyon? Nakikibahagi ba sila sa totoong pananalangin at totoong pakikipag-ugnayan sa Diyos? May tapat ba silang saloobin? May tunay ba silang pananampalataya? (Wala.) Tunay ba silang umaasa sa Diyos at tunay ba nilang ipinagkakatiwala ang mga sarili nila sa Diyos? Tunay ba silang natatakot sa Diyos? (Hindi.) Lahat ng ito ay mga praktikal na bagay at hinding-hindi mga hungkag na pananalita o gasgas na kasabihan. Kung hindi mo nauunawaan na praktikal ang mga salitang ito, wala kang espirituwal na pang-unawa. Hayaan ninyong bigyan Ko kayo ng isang halimbawa ng mga pagpapamalas ng mga taong ganito. May ilang tao na ikinukuyom ang kanilang kamao at nanunumpa sa mga pagtitipon, sinasabing, “Hindi ako mag-aasawa hangga’t buhay ako, iiwan ko ang trabaho ko, at isusuko ko ang lahat ng bagay at susunod ako sa Diyos hanggang sa huli!” Kapag tapos na silang magngangawa at gugugulin na nila ang kanilang sarili para sa Diyos, iniisip nila, “Paano ako makakakuha ng mas maraming pagpapala sa Diyos? May kailangan akong gawin para makita ng Diyos.” Gayumpaman, naririnig nila na sinasabi ng Diyos na hindi Niya mahal ang mga taong gaya nila, at iniisip nila, “Ano na ang gagawin ko? Lalayo na lang ako sa Diyos para hindi ako makita ng Diyos.” Anong klaseng kalagayan ito? (Pagiging mapagbantay.) Iniiwasan nila ang Diyos para magbantay laban sa Kanya. At anong disposisyon ang nasa loob ng kanilang pagiging mapagbantay? Kabuktutan. Palagi silang mapagbantay laban sa Diyos kapag may ginagawa sila, natatakot silang mabibisto sila ng Diyos, at hindi nila tinatanggap ang pagsisiyasat ng Diyos—pananalig ba ito sa Diyos? Hindi ba’t paglaban nila ito sa Diyos? Ito ay isang napakanegatibong kalagayan, hindi ito normal. Bagama’t kaya pa rin nilang makisama sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, sa sandaling marinig nila na bumibigkas ang Diyos ng mga salita para hatulan at ilantad ang mga tao, tumatakas sila, o kung hindi ay nagmamadali silang magpakitang-tao

at maghanap ng kung anong paraan bilang kompromiso para itago ang sarili nila. Matindi nilang sinusubukang itago ang sarili nila, at ginagawa nila ang lahat ng posibleng bagay para umiwas at mag-ingat, habang sa kanilang puso ay patuloy silang lumalaban sa Diyos. Hindi nila hinahanap ang mga layunin ng Diyos, ni hinahanap ang katotohanan, sa mga ginagawa nila. Sa halip, lalo pa nilang gustong ipakita na kaya nilang tanggapin ang katotohanan at magpasakop sa Diyos nang walang pagrereklamo, sinusubukang makuha ang pagsang-ayon ng lahat sa pamamagitan ng pagpapanggap at kasinungalingan. Pagdating naman sa sinasabi ng Diyos, kung ano ang hinihingi Niya sa mga gayong tao, at kung paano Niya tinitimbang at tinutukoy ang mga gayong tao, hindi nila pinapansin ang mga iyon at ayaw nilang malaman. Hindi talaga malinaw sa puso nila kung sino ba mismo ang Diyos, sa halip ang lahat ay imahinasyon at paghusga. Kapag may ginawa ang Diyos na taliwas sa kanilang mga kuru-kuro, kinokondena nila ito sa kanilang puso. Bagama't sinasabi nilang nananalig sila sa Diyos, puno ng alinlangan ang puso nila. Ito ang buktot na disposisyon ng mga tao.

Madalas tangkain ng ilang anticristo na subukin ang Diyos. Humahakbang sila, sinisiyasat ang sitwasyon, at pagkatapos ay humahakbang sila muli; sa madaling salita, masasabing may saloobin sila na “maghintay at tingnan ang mangyayari.” Ano ang ibig sabihin ng “maghintay at tingnan ang mangyayari”? Hayaan ninyong bigyan Ko kayo ng halimbawa. Halimbawa, may isang taong iniwan ang kanyang trabaho at pagkatapos ay nanalangin sa Diyos at sinabing, “O diyos, wala na akong trabaho. Aasa ako sa iyo para suportahan ako sa hinaharap. Ipinagkakatiwala ko ang lahat ng bagay sa iyong mga kamay. Inilalaan ko ang aking buhay sa iyo.” Kapag tapos na siyang manalangin, naghihintay siya para makita kung pagpapalain ba siya ng kahit ano ng Diyos, kung bibigyan Niya ba siya ng anumang kahima-himalang pahayag o mas malaking biyaya, kung mas marami man lang ba siyang makukuha at kung magkakaroon ba siya ng mas malaking kasiyahan kaysa noong nagtatrabaho pa siya sa mundo. Ito ang pagsubok niya sa Diyos. Ano itong panalangin at pagtatalagang ito? (Ito ay isang transaksyon.) Hindi ba't may buktot na disposisyon sa transaksyong ito? (Mayroon.) Ang pamamaraan niya ay ang magsimula sa pamamagitan ng pag-aalok ng isang maliit na pang-akit para makakuha ng mas mahalagang kontribusyon, ng paghingi ng biyaya at mga pagpapala sa Diyos—ito ang kanyang layon. Sinasabi ng isang tao, “Napakalala ng sitwasyon sa Tsina. Palala nang palala ang sitwasyon sa pag-aresto ng malaking pulang dragon sa mga tao. Mapanganib kahit para sa dalawang tao na magtipon, mapanganib kahit para sa isang pamilya na may apat na miyembro na magtipon. Napakamapanganib na manalig sa diyos sa ganitong sitwasyon sa Tsina. Kung mayroon talagang mangyayaring masama, maliligtas pa rin kaya tayo? Hindi kaya magiging walang saysay ang pananalig natin?” Naiisip nila, “Kailangan kong makaisip ng paraan para iwan ang bansa. Noong maayos pa ang sitwasyon dati, pinagnasahan ko ang kagaanan at kaginhawahan at ayaw kong lisanin ang Tsina. Napakagandang makipagtipon kasama ng aking pamilya, at puwede rin akong manalig sa diyos at makatanggap ng mga pagpapala; isa itong sitwasyon na panalo ang

lahat. Ngayon ay masama na ang mga bagay-bagay, dumating na ang mga sakuna, at kailangan kong magmadaling lisanin ang Tsina. Magagawa ko pa rin ang tungkulin ko kapag umalis na ako ng bansa, at sa paggawa ko ng aking tungkulin, magkakaroon ako ng pagkakataong magkamit ng mga pagpapala.” Sa huli, tumakas sila ng bansa. Ano ito? Ito ay oportunismo. Ang lahat ay maaaring maging mapagkalkula, at lahat ay may transaksiyonal na mentalidad—hindi ba’t buktot ito? May mga ganito bang tao sa inyo? Sa puso nila ay sinasabi nila, “Kung aapihin ako sa mundo, kaya akong protektahan ng mga magulang at pamilya ko. Kung maaaresto ako dahil sa pananalig ko sa diyos, iingatan ba ako ng diyos? Mukhang mahirap matiyak iyon. Kung gayon ano ang dapat kong gawin, kung hindi ko iyon masisiguro? Siguradong hindi ako mapoprotektahan ng mga magulang ko. Kapag may isang taong naaresto dahil sa pananalig niya sa diyos, hindi siya maililigtas ng mga ordinaryong tao, at kung hindi ko kakayanin ang malulupit na pagpapahirap at pasakit sa kamay ng malaking pulang dragon at ako ay maging isang Hudás, hindi ba’t mawawasak ang maliit kong buhay? Pinakamagandang lisanin ko ang bansa at manalig ako sa diyos sa ibang bayan.” Mayroon bang nag-iisip nang ganito? Siguradong mayroon, tama? Kung gayon, may nagsasabi bang, “Sinisiraan mo kami, at hindi pa namin naisip iyon”? Siguradong ang mga taong gaya nito ay hindi kakaunti, at sa tamang oras ay makikita at mauunawaan mo ito.

Ano ang mga pangunahing katangian ng kabuktutan ng mga anticristo? Ang una ay iyong hindi nila kinikilala ang mga positibong bagay, hindi nila kinikilala na may bagay gaya ng katotohanan, at iniisip nila na katotohanan ang kanilang mga ereheng maling paniniwala at ang kanilang mga buktot na negatibong bagay—ito ay isang pagpapamalas ng kabuktutan ng mga anticristo. Halimbawa, sinasabi ng ilang tao, “Ang kasiyahan ng isang tao ay nasa kanyang mga kamay” at “Kapag may kapangyarihan lamang na makakamit ng isang tao ang lahat ng bagay”—ito ang lohika ng mga anticristo. Naniniwala sila na kapag may kapangyarihan sila ay magkakaroon ng mga taong sisipsip at mambobola sa kanila, ng mga taong magreregalo at manunuyo sa kanila, pati na rin ng lahat ng klase ng pakinabang ng katayuan at lahat ng klase ng kasiyahan; naniniwala sila na hindi na sila kailangang utus-utusan ninuman o pamunuan ng kahit sino, at na puwede na nilang pamunuan ang iba—ito ang pinakaprayoridad nila. Ano ang tingin ninyo sa pagkakalkula nila nang ganito? Hindi ba’t buktot ito? (Oo.) Ginagamit ng mga anticristo ang satanikong lohika at mga ereheng maling paniniwala nila sa halip na ang katotohanan—ito ay isang aspekto ng kanilang kabuktutan. Una sa lahat, hindi nila kinikilala ang katotohanan, hindi nila kinikilala na may mga positibong bagay, at hindi nila kinikilala ang pagiging wasto ng mga positibong bagay. Bukod dito, kahit pa kinikilala ng ilang tao na may mga positibo at negatibong bagay sa mundong ito, paano nila pinakikitunguhan ang mga positibong bagay at ang pag-iral ng katotohanan? Hindi pa rin nila ito minamahal, ang buhay na pinipili nila at ang landas na tinatahak nila sa kanilang pananampalataya sa Diyos ay nananatiling negatibo at taliwas sa katotohanan. Pinoprotektahan lamang nila ang mga sarili nilang interes. Positibo o negatibong bagay

man ito, hangga't mapoprotektahan nito ang mga sarili nilang interes, ayos lamang iyon, ito ang pinakamahalaga. Hindi ba't buktot na disposisyon ito? May isa pang aspekto: Ang mga taong gaya nito na nagtataglay ng isang buktot na diwa ay likas na hinahamak ang pagpapakumbaba at pagiging tago ng Diyos, ang katapatan at kabutihan ng Diyos; likas silang mapanghamak sa mga positibong bagay na ito. Halimbawa, tingnan ninyo Ako: Hindi ba't napakaordinaryo Ko? Ordinaryo Ako, bakit hindi kayo naglalakas-loob na sabihin ito? Kinikilala Ko mismo na ordinaryo Ako. Hindi Ko kailanman naisip mismo na ekstraordinaryo o dakila Ako. Isa lamang Akong ordinaryong tao; palagi Kong kinikilala ang katunayang ito at lakas-loob Kong hinaharap ang katunayang ito. Ayaw Kong maging isang pambihirang tao o maging isang dakilang tao—sobrang nakakapagod iyon! Hinahamak ng ilang tao ang ordinaryong taong ito na katulad Ko at palagi silang nagkikimkim ng mga kuru-kuro tungkol sa Akin. Kapag lumalapit sa Akin ang mga tunay na nananampalataya sa Diyos, lumalapit pa rin sila nang may pagkamaka-diyos, anuman ang hitsura Ko sa panlabas. Pagkatapos ay may ilan din na, sa kabila ng napakagalang na pakikipag-usap sa Akin, ay nagkikimkim sa kanilang puso ng isang mapanghamak na saloobin sa Akin, at masasabi Ko ito mula sa tono nila at sa paraan ng paggalaw ng kanilang katawan. Bagama't minsan ay mukhang napakagalang nila, anumang sabihin Ko sa kanila ay palagi silang sumasagot ng "Hindi," palagi nilang kinontra ang sinasabi Ko. Halimbawa, sinabi Kong napakainit ng panahon ngayong araw, at sasabihin nila, "Hindi, hindi naman. Kahapon ang talagang mainit." Kinontra nila ang sinasabi Ko, hindi ba? Anuman ang sabihin mo sa kanila, palagi nilang kinontra ito. Hindi ba't may mga ganitong tao sa paligid? (Mayroon.) Sinabi Ko, "Maalat ang pagkain ngayon. Napakarami bang asin nito o napakaraming toyo?" At sasabihin nila, "Parehong hindi. Napakaraming asukal diyan." Anuman ang sabihin Ko, kinontra nila ito, kaya wala na Akong sinasabing iba pa, magkaiba kami ng pananaw, at magkaiba kami ng lengguwahe. Pagkatapos may ilan na, kapag narinig nila Akong nagsasalita tungkol sa pananampalataya sa Diyos, sinasabi nila, "Eksperto ka sa pagsasalita tungkol dito, kaya makikinig ako." Kung magsasalita Ako nang kaunti tungkol sa anumang panlabas na bagay, ayaw na nilang makinig, na para bang wala Akong anumang alam sa mga panlabas na bagay. Ayos lang naman na hindi nila Ako pansinin, gusto Kong manahimik. Hindi Ko kailangang bigyang-pansin Ako ng iba, ginagawa Ko lang ang dapat Kong gawin. May mga responsabilidad Ako, at may sarili Akong paraan ng pamumuhay. Sabihin ninyo sa Akin, ano ang ipinakita ng mga saloobing ito ng mga tao? Nakikita nilang hindi Ako mukhang isang dakila o may kakayahang tao, at na nagsasalita at kumikilos Ako gaya ng isang ordinaryong tao, kaya iniisip nila, "Paanong hindi ka mukhang diyos? Tingnan mo ako. Kung ako ang diyos, magiging pinakakamukha niya ako." Hindi ito usapin ng pagiging katulad o hindi katulad ng Diyos. Ikaw ang humihingi na maging katulad Ako ng Diyos, hindi Ko kailanman sinabi na katulad Niya Ako, at hindi Ko kailanman ginustong maging katulad Niya; ginagawa Ko lang ang dapat Kong gawin. Kung pumunta Ako sa kung saan at hindi Ako nakikilala ng ilang tao, mabuti iyon, dahil

ligtas Ako sa gulo. Ganito kasi iyon, napakaraming sinabi at ginawa ang Panginoong Jesus sa Judea noon, at anupaman ang mga tiwaling disposisyon ng mga disipulong sumunod sa Kanya, ang saloobin nila sa Kanya ay gaya ng saloobin ng tao sa Diyos—ang relasyon nila ay isang normal na relasyon. Pero may ilan na nagsabi tungkol sa Panginoong Jesus, “Hindi ba’t anak siya ng isang karpintero?” at maging ang ilang sumunod sa Kanya nang mahabang panahon ay patuloy na nagkimkim ng ganitong saloobin. Ito ay isang bagay na madalas na nakakaharap ng Diyos na nagkatawang-tao sa pagiging isang ordinaryo at normal na tao, at karaniwan itong nangyayari. Ang ilang tao ay masyadong masigasig kapag nakikita nila Ako sa unang pagkakataon, at pag-alis Ko ay dumadapa at tumatangis sila, pero hindi ito gumagana sa tunay na pakikipag-ugnayan, at kadalasan ay kailangan Ko itong tiisin. Bakit Ko ito kailangang tiisin? Dahil ang ilang tao ay hangal, ang ilan ay hindi maturuan, ang ilang tao ay kailangan bilang mga tagapagserbisyo, at ang ilan ay sarado ang isip. Kaya kailangan Kong magtiis minsan, at minsan ay may ilang tao na hindi Ko puwedeng pahintulutang lumapit sa Akin; masyadong kasuklam-suklam ang mga taong ito at mayroon silang mapanlabang disposisyon. Gaano kamapanlaban? Halimbawa, nakakita Ako ng isang maliit na aso na labis na nakakatuwa at sinabi Kong, “Tawagin natin itong Huamao.” At ano ang saloobin ng maraming tao sa pangalang ito? Pangalan lang ito, at dahil Ako ang unang nakaisip nito, iyon na ang tawag sa asong ito; napakanormal lang na bagay ito. Ang ilang taong may mapanlaban na disposisyon ay hindi ito tatawagin sa ganoong pangalan, at sasabihin nila, “Anong klaseng pangalan ang Huamao? Hindi ko pa kailanman narinig dati na tinawag na Huamao ang isang aso. Huwag nating tawagin ito nang ganoon, dapat bigyan natin ito ng Ingles na pangalan.” Sinasabi Ko, “Hindi Ako magaling mag-isip ng mga pangalan na Ingles, kaya tawagin na lang ninyo ito ng kung ano ang gusto ninyo at magpaparaya Ako sa desisyon ninyo.” Bakit Ako nagpaparaya sa desisyon nila? Ito ay isang maliit na usapin, kaya bakit kailangang makipagtalo rito? Ang ilang tao ay hindi sumusunod, sa halip ay kailangang makipagtalo tungkol sa gayong mga bagay. Dahil lang nagpaparaya Ako, hindi ibig sabihin niyon na naniniwala Akong may nagawa Akong mali; ito ay prinsipyo lamang na sinusunod Ko sa pag-asal at pagkilos Ko. Dahil lamang sa hindi Ako nakikipagtalo sa iyo, hindi ibig sabihin na takot Ako sa iyo. Hindi Ako nakikipagtalo, pero alam Ko sa puso Ko na ikaw ay isang hindi mananampalataya, at mas gugustuhin Ko pang makitungo sa isang aso kaysa sa mga katulad mo. Bukod sa ilang taong kailangan Kong makaugnay sa loob ng Aking kapaligiran, ang mga taong pakikitunguhan Ko ay ang mga kapatid, ang mga tao ng sambahayan ng Diyos—ito ang Aking prinsipyo. Hindi Ako nakikipag-ugnayan sa maski isang walang pananampalataya; hindi Ko ito kailangang gawin. Gayumpaman, kung may mga hindi mananampalataya sa sambahayan ng Diyos na maayos ang turing sa sambahayan ng Diyos, puwede silang maging mga kaibigan ng iglesia. Tumutulong man sila sa iglesia o gumugugol ng kaunting pagsisikap at nangangasiwa sa ilang bagay para sa iglesia, puwede silang tanggapin ng iglesia, pero hindi Ako magkakaroon ng mga pakikipag-ugnayan sa kanila

gaya ng pakikipag-ugnayan Ko sa mga kapatid; napakaabala Ko sa Aking gawain at wala na Akong panahon para pakitunguhan ang mga gayong bagay. Ang ilang taong ilang taon nang nananampalataya sa Diyos ay dapat magkaroon ng kaunting konsepto sa gawain ng Diyos, sa Diyos na nagkatawang-tao, at sa pagliligtas ng Diyos sa mga tao, pero wala man lang silang may-takot-sa-Diyos na puso. Katulad lang sila ng mga walang pananampalataya at hindi man lang nagbago. Sabihin ninyo sa Akin, anong klase ba ang mga taong ito? Sila ay mga likas na demonyo, mga kaaway ng Diyos. Kapag lumalalim ang pakikisalamuha ng isang tao sa mga Satanas at diyablo, ito ay nagiging kapahamakan at kaguluhan.

Maaaring nararanasan ninyong lahat mula sa inyong pang-araw-araw na buhay na, anumang grupo ng mga tao ang salihan mo, palaging may isang taong ayaw sa iyo, at kahit na hindi mo sila iniinis o pinipikon, magsasabi sila ng masasamang bagay tungkol sa iyo, huhusgahan ka nila, at sisiraan ka. Wala kang ideya kung ano ang nangyari, pero ayaw nila sa iyo, hindi ka nila makasundo at gusto ka nilang apihin—ano ang sitwasyon dito? Wala kang ideya kung ano ang nagawa mo para mapikon sila, pero sa hindi malamang kadahilanan ay inaapi ka nila. May masasamang tao bang gaya nito? (Oo.) Sila ay mga kalaban mo at maipapaliwanag lang iyon nang ganoon. Bago ka pa nga nakipag-ugnayan sa kanila, ayaw na nila agad sa iyo at iniisip na nila kung paano ka nila sasaktan—hindi ba’t mga mortal mo silang kaaway? (Oo, ganoon nga.) Makakasundo mo ba ang isang mortal na kaaway? Makakalakad ka ba sa parehong landas? Siguradong hindi. Kung gayon makikipagbanggaan at makikipagtalo ka ba sa gayong mga tao? (Hindi, hindi ako makikipagtalo sa kanila.) Bakit hindi? Dahil sarado ang isip nila. Ang ilang tao ay likas na tutol at nasusuklam sa mga positibong bagay, sa mga tamang bagay, sa mga bagay na kung ihahambing ay mabuti para sa sangkatauhan, ibig sabihin, sa mga positibong bagay na inaasam at gusto ng mga tao; ang isang malinaw na disposisyon na taglay ng mga taong gaya nito ay ang kabuktutan—sila ay mga buktot na tao. Halimbawa, may isang lalaking naghahanap ng nobya at nag-iisip na, “Pangit man siya o maganda, basta’t may mabuti siyang ugali at mabait, at marunong makisama sa buhay, sapat na iyon. Lalo na pagdating sa isang babaeng may pagkatao at pananampalataya, mayaman o mahirap man ako, pangit o guwapo, o magkasakit man ako, ganap siyang magiging tapat na makasama ako.” Karaniwang may ganitong pananaw ang mga disenteng tao. Anong klaseng tao ang ayaw o hindi sumasang-ayon sa ganitong uri ng pananaw? (Mga buktot na tao.) Kung gayon sabihin ninyo sa Akin, anong pananaw mayroon ang mga buktot na tao? Paano sila tumutugon kapag narinig nila ang mga salitang ito? Kukutyain ka nila, sasabihing, “Estupido. Nasaang panahon na ba tayo? At naghahanap ka ng isang taong ganyan? Maghanap ka dapat ng isang mayaman at magandang babae!” Nagpapakasal ang mga ordinaryong kalalakihan sa mga disente at may mabuting ugaling kababaihan at magkasama silang namumuhay ng angkop at maayos na buhay na may nagkakasundo at masayang pamilya; umaasal sila sa buhay nang malinis. Ganito ba mag-isip ang mga buktot na tao? (Hindi.) Sinasabi

nila, “Sa mundong ito ngayon, matatawag pa rin bang lalaki ang isang lalaki kung hindi siya nagkaroon ng 10 o higit pang mga nobya at ilang asawa? Kung hindi siya nagkaroon niyon, isang sayang na buhay iyon!” Silang lahat ay may ganitong pananaw. Sasabihin mo sa kanila, “Humanap ka ng isang disente, may mabuting ugali, at mabait na babae, lalo na iyong may pagkatao at pananampalataya,” pero katanggap-tanggap ba ito sa kanila? (Hindi.) Kukutyain ka nila at sasabihin nilang, “Napakaestupido mo! Sa mundo ngayon ay wala nang may pakialam sa mga usapin ng iba, nabubuhay ang lahat nang malaya at hindi napipigilan. Lalo na kapag nilisan mo ang Tsina at pumunta ka sa Kanluran, mas malaya pa nga dahil walang pumipigil sa iyo. Bakit masyado kang mahigpit sa sarili mo? Napakaestupido mo!” Ito ang pananaw na mayroon sila. Kaya, anong nararamdaman nila kapag sinasabi mo sa kanila ang tungkol sa mga positibong bagay, ang tungkol sa mga pinakakahanga-hangang positibong bagay ng tao na nabibilang sa katotohanan at sa katarungan? Nasusuklam sila at isinusumpa ka nila sa puso nila. Kapag nalaman nilang ganitong uri ka ng tao, magiging maingat na ang puso nila sa iyo, at iiwasan ka na nila. Ang mga taong hindi kauri ay hindi sumusunod sa parehong landas. Alam nilang nasusuklam ka sa mga taong gaya nila, at hinahamak nila sa kanilang puso ang mga taong gaya mo. Ayaw nilang makipag-usap sa iyo tungkol sa kung gaano sila nag-aayos at nakikipaglokohan sa ibang tao. Natatakot silang magbabahagi ka sa kanila tungkol sa katotohanan at susubukan mo silang kumbinsihin na sumunod sa tamang landas, at ganap silang nasusuklam; sa ibang salita, sa pinakakaibuturan ng puso nila, hinahamak nila ang lahat ng positibong bagay. Kaya, kung makakaharap ninyo ang gayong mga tao kapag ipinangangaral ninyo ang ebanghelyo, hindi ninyo ito maipangangaral sa kanila. Kahit pa gawin mo iyon at manampalataya sila, mga anticristo pa rin sila at hindi maliligtas. Bakit kayo nakakaupo rito at nakakapakinig sa Aking sermon? Hindi ba’t ito ay dahil mayroon kayong katiting na pusong nagmamahal sa katotohanan? Basta’t gumagawa sa iyo ang Banal na Espiritu habang nagsasalita Ako sa inyo, madarama mong naantig at nahikayat ka sa iyong puso, at nanaisin mong ialay ang sarili mo, magdusa ka, at gugulin mo ang sarili mo sa paghahangad sa katarungan, katotohanan, at kaligtasan. Sa sandaling marinig ng mga buktot ang isang tao na nagsasalita tungkol sa paggugol ng sarili para sa katarungan, para sa katotohanan, at para sa Diyos, sa tingin nila ay hungkag ang mga salitang ito, na ang mga ito ay islogan, na hindi maaarok ang mga ito, at may pagdidiskrimina sila sa gayong mga tao. Kaya, kapag nakatagpo ninyo ang mga buktot na taong ito, huwag kayong magbahagi sa kanila tungkol sa anuman, hindi kayo magkaparehong uri, kaya lumayo na lang kayo. Kapag nakakatagpo Ko ang gayong mga tao at nakikita Kong may ganito silang saloobin sa Akin at nagsasalita sila sa ganitong tono ng boses, dapat Ko ba silang pungusan at pangaralan? (Hindi, hindi iyon kinakailangan.) Hindi ito kinakailangan, hindi kinakailangan na pansinin sila, hindi kailangang tumugon sa kanila. Mababago mo ba sila sa pamamagitan ng pagtugon sa kanila? Hindi mo sila mababago. Isantabi mo lang sila at hayaan mo lang na ganoon; ang mga taong ganito ay hindi magtatagal

sa kanilang pananampalataya sa Diyos. Una: hindi nila minamahal ang katotohanan; ikalawa: nasusuklam sila sa mga positibong bagay; ikatlo: dinidiskrimina nila ang Diyos, itinuturing nila ang disposisyon ng Diyos at ang lahat ng bagay na kaibig-ibig tungkol sa Diyos bilang pinakamababa at pinakahamak—ang mga ito ang nagtutukoy na hindi sila kailanman maliligtas ng Diyos. Nasaan man ang gayong mga tao, sila man ay mga taong totoo o taksil, ang pagkakaroon nila ng mga pagpapamalas na ito ang nagtutukoy na siguradong may ilang kabuktutan sa mga disposisyon nila.

Saanman nangingibabaw ang isang anticristo, hindi magiging maayos ang buhay-iglesia at ang mga epektong nakakamit ng mga taong hinirang ng Diyos sa pagganap ng mga tungkulin ay hindi magiging mabuti, at mahahadlangan ang gawain ng sambahayan ng Diyos, kaya kung hindi ibubukod at patatalsikin ang mga anticristo, magdurusa ng malaking kawalan ang gawain ng iglesia at marami sa mga hinirang ng Diyos ang mapipinsala! Pangunahing hindi kaya ng mga huwad na lider na gumanap ng tunay na gawain, at kapag pinangangasiwaan nila ang ilang pangkalahatang gawain, mabagal ang pag-usad nila at hindi sila epektibo. Bukod dito, hindi nila alam kung paano linangin at gamitin ang mabubuting tao na may mahusay na kakayahan at naghahangad ng katotohanan. Paano naman ang mga anticristo? Kapag nangingibabaw ang isang anticristo, ginagawa niya ang mga bagay para lamang sa kapakanan ng kanyang kasikatan, pakinabang, at katayuan, hindi siya talaga gumagawa ng tunay na gawain, at tuwiran niyang ginagambala at ginugulo ang gawain ng iglesia—sadyang gumagawa ng paninira ang mga anticristo at hindi talaga sila naiiba kay Satanas. Kapag nakikita ng isang anticristo ang ilang tao na nagmamahal at naghahangad sa katotohanan, naaasiwa ito. Saan nanggagaling ang pagkaasiwang ito? Nanggagaling ito sa kanyang buktot na disposisyon, ibig sabihin, sa loob ng kanyang kalikasan ay may buktot na disposisyon na namumuhi sa katarungan, namumuhi sa mga positibong bagay, namumuhi sa katotohanan, at sinasalungat ang Diyos. Kaya, kapag nakikita niya ang isang taong naghahangad ng katotohanan, sinasabi niya, “Hindi ka masyadong edukado at pangkaraniwan lang, pero hinahangad mo pa rin talaga ang katotohanan.” Ano ang ipinapakita nitong saloobin? Ito ay paghamak. Halimbawa, ang ilang kapatid ay may kaloob o espesyal na kasanayan at gusto nilang gumanap ng isang tungkuling may kaugnayan dito. Sa katunayan, ito ay angkop pagdating sa iba’t iba nilang kondisyon, pero paano tinatrato ng mga anticristo ang gayong mga kapatid? Sa puso nila, iniisip nila, “Kung gusto mong gampanan ang tungkuling ito, kailangan mo munang magpalakas sa akin at maging bahagi ng grupo ko, at saka lamang kita papayagang gampanan ang tungkuling ito. Kung hindi, mangarap ka na lang!” Hindi ba’t ganito kumilos ang mga anticristo? Bakit ayaw na ayaw ng mga anticristo sa mga sinserong nananampalataya sa Diyos, na may kaunting pagpapahalaga sa katarungan at may kaunting pagkatao, at na nagsisikap na hangarin ang katotohanan? Bakit palagi silang salungat sa gayong mga tao? Kapag nakakakita sila ng mga taong naghahangad sa katotohanan at kumikilos nang maayos, ng mga taong kailanman ay hindi negatibo at may mabubuting layunin, naaasiwa sila.

Kapag nakakakita ang mga anticristo ng mga taong kumikilos nang walang pagkiling, ng mga taong kayang gampanan ang kanilang tungkulin nang ayon sa mga prinsipyo, na kayang isagawa ang katotohanan kapag naunawaan na nila ito, talagang nagagalit sila, pinipiga nila ang mga utak nila para makaisip ng paraan para pahirapan ang mga taong iyon, at sinusubukan nilang gawing mahirap ang mga bagay-bagay para sa mga ito. Kapag may nakakakilatis sa kalikasang diwa ng isang anticristo, nakakakilatis sa lihim na paninira at kabuktutan ng anticristo at nais na isiwalat at iulat siya, ano ang gagawin ng anticristo? Mag-iisip ang anticristo ng lahat ng paraan na magagawa nito para alisin ang puwing na ito sa kanyang mata at ang tinik na ito sa kanyang tagiliran at susulsulan nito ang mga kapatid na tanggihan ang taong ito. Ang isang ordinaryong kapatid ay walang katanyagan at katayuan sa iglesia; may kaunti lamang siyang pagkakilatis sa anticristong ito at hindi naman siya banta sa anticristong ito. Kung gayon, bakit palaging ayaw sa kanya ng anticristo at tinatrato siya na para bang puwing siya sa mata nito at tinik sa tagiliran nito? Paano ba nakasasagabal ang taong ito sa daan ng anticristo? Bakit hindi matanggap ng anticristo ang gayong mga tao? Ito ay dahil sa loob ng anticristo ay may isang buktot na disposisyon. Hindi matanggap ng mga anticristo ang mga taong naghahangad sa katotohanan o sumusunod sa tamang landas. Sinasalungat nila ang sinumang gustong sumunod sa tamang landas at sinasadya nilang pahirapan ka, at pipigain nila ang kanilang utak sa pag-iisip ng paraan para tanggalin ka, o kung hindi naman ay susupilin ka nila para maging negatibo at mahina ka, o kaya ay hahanapan ka nila ng butas at ipagkakalat ito para tanggihan ka ng iba, at pagkatapos ay magiging masaya sila. Kung hindi ka makikinig sa kanila o susunod sa sinasabi nila, at ipagpapatuloy mo ang paghahangad sa katotohanan, pagsunod sa tamang landas, at pagiging isang mabuting tao, maliligalig sila sa puso nila, at madidismaya at maaasiwa silang makita na ginagampanan mo ang tungkulin mo. Bakit ganito? Ginalit mo ba sila? Hindi, hindi mo sila ginalit. Bakit ka nila tinatrato nang ganoon kahit wala ka namang ginawang anuman sa kanila o na nakapinsala sa mga interes nila sa anumang paraan? Ipinapakita lamang nito na ang kalikasan ng ganitong klase ng bagay—ang mga anticristo—ay buktot, at na sila ay likas na salungat sa katarungan, mga positibong bagay, at katotohanan. Kung tatanungin mo sila kung ano mismo ang nangyayari, ni hindi nila alam; basta sadya ka lang nilang pinahihirapan. Kung sasabihin mong gawin ang mga bagay sa isang paraan, kailangan nila itong gawin sa ibang paraan; kung sasabihin mong si ganito at ganoon ay hindi mahusay, sasabihin nilang ang taong ito ay magaling; kung sasabihin mong ito ay magandang paraan para ipangaral ang ebanghelyo, sasabihin nilang hindi ito maganda; kung sasabihin mong ang isang sister na isa o dalawang taon pa lang na nananampalataya sa Diyos ay naging negatibo at mahina at dapat na suportahan, sasabihin nilang, “Hindi na kailangan, mas malakas pa nga siya sa iyo.” Sa madaling salita, palagi silang salungat sa iyo at sinasadya nilang kumilos nang salungat sa iyo. Ano ang prinsipyo nila sa pagiging salungat sa iyo? Ito ay na ang anumang sasabihin mong tama, ay sasabihin nilang mali, at anumang sasabihin mong

mali, sasabihin nilang tama. May anuman bang mga katotohanang prinsipyo sa mga kilos nila? Walang kahit na ano. Gusto ka lang nilang mapahiya, magmukhang masama, mapabagsak, at matalo para wala kang mukhang maiharap, para hindi mo na hangarin pa ang katotohanan, para maging mahina ka, at huwag ka nang manampalataya, at kapag nagkagayon ay nakamit na nila ang mithiin nila, at magagalak sila sa puso nila. Ano ang nangyayari dito? Ito ang buktot na diwa ng uri ng mga tao na mga anticristo. Kapag nakikita nila ang mga kapatid na nagpupuri sa Diyos at nagpapatotoo sa Diyos at hindi sila pinapansin, masaya ba sila? Hindi, hindi sila masaya. Ano ang nararamdaman nila? Nagseselos sila. Karaniwan, kapag naririnig ng mga tao na pinupuri ng isang tao ang ibang tao, ang normal nilang reaksiyon ay, “Magaling din ako; bakit hindi mo rin ako purihin?” Mayroon sila nitong maliit na ideya, pero kapag narinig nila ang isang tao na nagpapatotoo tungkol sa Diyos, iniisip nila, “May gayon siyang karanasan at nagpapatotoo siya nang gayon, at sinasang-ayunan siya ng lahat. May ganito siyang pagkaunawa; bakit wala akong ganitong pagkaunawa?” Kinaiinggitan at hinahangaan nila ang taong ito. Ang mga anticristo ay may isang partikular na katangian: Kapag narinig nila ang isang tao na nagpapatotoo tungkol sa Diyos, na nagsasabing, “Ito ay ginawa ng Diyos, ito ay pagdidisiplina ng Diyos, ito ay mga gawa ng Diyos, mga pagsasaayos ng Diyos, at handa akong magpasakop,” nalulungkot ang mga anticristo at iniisip nilang, “Sinasabi mong ang lahat ay ginawa ng diyos. Nakita mo ba kung paano pinamumunuan ng diyos ang anumang bagay? Nadama mo ba kung paano isinasaayos ng diyos ang anumang bagay? Paanong wala akong alam dito?” Ang isang aspekto ay dahil katulad lang sila ni Satanas sa paraan ng pagtrato nito sa pag-apruba ng Diyos kay Job. May kaparehong mentalidad ang mga anticristo kay Satanas kapag nakakamit ng Diyos ang isang tao—may disposisyon sila ni Satanas. Ang isa pang aspekto ay iyong, kung may isang taong nauunawaan ang katotohanan at may pagkilatis sa mga anticristo, at hindi siya sumusunod sa mga anticristo kundi tinatanggi ang mga ito, ang mga anticristo ay may hibang na mentalidad, at iniisip na, “Hindi ko talaga makamit ang taong ito, kaya lilipulin ko siya!” Kaya, noong naharap si Job sa mga pagsubok, sinabi ng Diyos kay Satanas, “Siya ay nasa iyong kamay; ingatan mo lamang ang kanyang buhay.” Kung hindi ito sinabi ng Diyos, maaawa ba si Satanas? (Hindi.) Sigurado ito; siguradong hindi ito maaawa.

Ano ang saloobin ng mga anticristo sa mga kapatid na naghahangad at nagmamahal sa katotohanan, sa mga taong may kaunting pananampalataya at ginagampanan ang kanilang tungkulin nang may katapatan? At ano ang saloobin nila sa ilang tao na nagsasalita tungkol sa mga karanasan sa buhay para magpatotoo tungkol sa Diyos at na madalas na nagbabahagi sa mga kapatid tungkol sa katotohanan? (Nagseselos at namumuhi sila.) Saan nakadepende ang saloobin nila? Nakadepende ito sa kanilang buktot na disposisyon. Kaya, kapag madalas mo silang nakikitang inaapi ang isang tao, kinamumuhian ang isang tao, at pinahihirapan ang ilang tao nang walang dahilan, alam mo nang walang makakapagbago sa buktot na disposisyon ng isang anticristo, at na ito ay malalim na nakaugat at ito ay likas. Mula sa puntong ito, makikita na ang mga taong

ito na mga anticristo ay hindi posibleng magkamit ng kaligtasan. Hindi nila pinapayagan ang mga kapatid na magpatotoo sa Diyos, kaya magagawa ba nila mismong magpatotoo sa Diyos? (Hindi.) Sobrang namumuhi sila kapag nagpapatotoo sa Diyos ang ibang mga tao, na nagngangalit pa ang ngipin nila, kaya sabihin ninyo sa Akin, kaya ba nilang magpatotoo sa Diyos? Ganap silang walang kakayahang magpatotoo sa Diyos. Sinasabi ng ilang tao, “Hindi tama iyan, ang ilang anticristo ay napakagalang magpatotoo sa Diyos, at tumatangis ang mga kapatid kapag naririnig ito.” Anong klaseng patotoo ito? Kailangan ninyong makinig sa ganitong uri ng “patotoo” para matukoy kung ito ba ay isang tunay na patotoo o hindi. Sabihin nating may isang taong may magandang trabaho at maayos na pamilya at, dahil naantig siya ng Diyos, binitawan niya ang kanyang magandang trabaho, at ang pamilya niya at itinuon niya ang kanyang katawan at isip sa paggugol para sa Diyos; kahit na nalulungkot siya sa kanyang puso, isinuko pa rin niya itong lahat. Sinabi ng mga kapatid sa kanya, “Hindi ka ba nakakaramdam ng kahit kaunting panghihina?” Sumagot siya, “Oo, kaunti, pero para magawa kong bitiwang pamilya at trabaho ko, hindi ba’t ang diyos ang gumawa ng lahat ng iyon? Kumikita ako dati ng dalawa o tatlong libo kada araw, at libo-libo kada buwan, at marami akong pag-aari. Nang manampalataya ako sa diyos, para magawa ko ang tungkulin ko, ipinagkatiwala ko ang mga pag-aari ko sa isang tao para pamahalaan ito.” Tinanong ng iba, “Hindi mo na ba napangasiwaan ang mga pag-aari mo pagkatapos mo itong ipagkatiwala sa iba? Hindi mo na ba pag-aari ngayon ang alinman doon? Paano mo nabitiwang mga pag-aari mo?” Sumagot siya, “Ang diyos ang may gawa noon.” Hindi ba’t masyado itong malabo? (Oo.) Mga hungkag na salita lamang ito. Bukod dito, hindi ba’t ang pagsasabi niya kung gaano kataas ang kita niya ay pagmamayabang lang niya? Bakit niya sinasabi ito? Nagpapatotoo siya sa kung gaano karami ang binitiwang niya. Nagpapatotoo ba siya sa Diyos? Nagpapatotoo siya sa kanyang katiting na “maluwalhatang” kasaysayan, sa halagang ibinayad niya at sa iginugol niya dati, sa kung gaano ang inialay niya, at sa hindi niya pagrereklamo tungkol sa Diyos. Mayroon bang bahagi rito na nagpapatotoo sa Diyos? Hindi ninyo nakita ang ginawa ng Diyos sa lahat ng ito, ano? Hindi totoong nagpapatotoo siya sa Diyos; malinaw na nagpapatotoo siya sa sarili niya, pero sinasabi niyang nagpapatotoo siya sa Diyos! Hindi ba’t panlilinlang ito? Nagpapanggap siyang nagpapatotoo tungkol sa Diyos para magpatotoo sa sarili niya—hindi ba’t pagpapaimbabaw ito? Kung gayon bakit sobrang naaantig at patuloy na umiiyak ang ilang tao kapag naririnig nila ito? Maraming klase ng mga hangal sa paligid! Kapag may nagbanggit ng pagpapatotoo sa Diyos, kailangan ng mga anticristo na magsalita tungkol sa ilang maliit na bagay na nagawa nila, sa maliliit na bagay na inihandog nila, at sa kaunting panahong inilaan nila sa paggugol ng sarili nila, at sa pagdaan ng panahon, tumitigil nang magbigay-pansin ang mga tao, kaya nag-iisip sila ng mga bagong sasabihin, at sa ganitong paraan ay nagpapatotoo sila sa kanilang sarili. Kapag may mas magaling sa kanila at mas magaling magbahagi kaysa sa kanila, na nagdadala ng kaunting liwanag ng katotohanan, naaasiwa sila. Naaasiwa ba sila dahil ang mga pagsisikap nila sa katotohanan ay mas mababa

kaysa sa iba at sabik silang maging mahusay? Hindi, hindi nila hahayaan ang sinuman na maging mas magaling kaysa sa kanila, hindi nila matitiis na mas magaling ang iba kaysa sa kanila, at masaya lang sila kapag sila ang mas magaling kaysa sa iba. Hindi ba't buktot ito? Kung may ibang mas magaling sa iyo at mas nauunawaan ang katotohanan kaysa sa iyo, dapat kang matuto mula sa kanya—hindi ba't mabuti ito? Ito ay isang bagay na dapat ikagalak ng lahat. Halimbawa, nariyan si Job, ang taong iyon ay isa sa mga tagasunod ng Diyos sa kasaysayan ng tao. Ito ba ay isang maluwalhating bagay na nangyari sa anim na libong taong gawain ng pamamahala ng Diyos, o isa ba itong kahihayan? (Ito ay isang maluwalhating bagay.) Ito ay isang maluwalhating bagay. Anong saloobin ang dapat mayroon kayo pagdating sa bagay na ito? Anong perspektiba ang dapat mayroon kayo? Dapat maging masaya kayo para sa Diyos at ipagdiwang Siya, purihin ninyo ang kapangyarihan ng Diyos, magpuri kayo na nagkamit ng kaluwalhatian ang Diyos—isa itong mabuting bagay. Isa itong napakabuting bagay, pero may ilang taong nasusuklam pa nga rito at ayaw na ayaw rito. Hindi ba't ito ay pagiging buktot nila? Sa deretsahang pananalita, ito ay pagiging buktot nila, at ito ay dala ng kanilang buktot na disposisyon.

Ang disposisyon ng mga anticristo ay buktot; bukod sa hindi nila tinatanggap ang katotohanan, kaya rin nilang labanan ang Diyos, magtatag ng sarili nilang mga kaharian, at hindi matitinag ang pagsalungat nila sa Diyos—ito ay isang buktot na disposisyon. Mayroon ba kayong anumang pagkaunawa sa mga buktot na disposisyon? Marahil karamihan sa mga tao ay hindi alam kung paano kilatisin ang mga ito, kaya magbigay tayo ng halimbawa. Ang ilang tao ay kadalasang napakanormal na kumikilos sa mga tipikal na sitwasyon. Napakanormal nilang nakikipag-usap sa iba at nakikipag-ugnayan sa iba, mukha silang mga normal na tao at wala silang ginagawang anumang masama. Gayumpaman, kapag dumadalo sila sa mga pagtitipon at nagbabasa ng mga salita ng Diyos at nakikipagbahaginan sa katotohanan, ang ilan sa kanila ay ayaw makinig, ang ilan ay inaantok, ang ilan ay tutol dito at hindi ito matiis, ayaw nilang marinig ito, at ang ilan ay hindi namamalayang nakakatulog sila at nagiging ganap na walang kamalayan—ano ang nangyayari dito? Bakit napakaraming naipapamalas na abnormal na pangyayari kapag may isang taong nagsisimulang magbahagi tungkol sa katotohanan? Ang ilan sa mga taong ito ay nasa isang abnormal na kalagayan, pero ang ilan ay buktot. Hindi maisasantabi ang posibilidad na sila ay sinapihan ng masasamang espiritu, at minsan hindi ito ganap na maarok ng mga tao o malinaw na makilatis. May masasamang espiritu sa loob ng mga anticristo. Kung tatanungin mo sila kung bakit sila mapanlaban sa katotohanan, sasabihin nilang hindi sila mapanlaban sa katotohanan at matigas silang tatangging aminin ito, pero sa katunayan ay alam nila sa puso nila na hindi nila mahal ang katotohanan. Kapag walang nagbabasa ng mga salita ng Diyos, nakakasundo nila ang iba na para silang mga normal na tao at hindi mo alam kung ano ang nasa loob nila. Gayumpaman, kapag may nagbabasa ng mga salita ng Diyos, ayaw nilang makinig at lumilitaw ang pagkasuklam sa puso nila. Ito ay pagkalantad ng kalikasan nila—sila ay

masasamang espiritu; sila ay ganitong uri. Inilantad ba ng mga salita ng Diyos ang diwa ng mga taong ito o natumbok ang maselang isyu? Hindi. Kapag dumadalo sila sa mga pagtitipon, ayaw nilang makinig sa sinumang nagbabasa ng mga salita ng Diyos—hindi ba’t ito ay pagiging buktot nila? Ano ang ibig sabihin ng “pagiging buktot”? Ang ibig sabihin nito ay pagiging mapanlaban sa katotohanan, sa mga positibong bagay, at sa mga positibong tao nang walang dahilan; kahit sila mismo ay hindi alam kung ano ang dahilan, kailangan lang nilang kumilos nang ganoon. Ito ang ibig sabihin ng pagiging buktot at, sa payak na pananalita, ito lang ay pagiging ubod ng sama. Sinasabi ng ilang anticristo, “Kailangan lamang simulan ng isang tao na basahin ang mga salita ng diyos at ayaw ko nang makinig. Kailangan ko lang marinig ang isang tao na nagpapatotoo sa diyos at nasusuklam na ako, at ni hindi ko nga alam kung bakit. Kapag nakikita ko ang isang tao na nagmamahal sa katotohanan at naghahangad sa katotohanan, hindi ko siya makasundo, gusto kong salungatin siya, gusto ko palaging sumpain siya, ang saktan siya nang patalikod at wasakin siya.” Kahit sila ay hindi alam kung bakit ganito ang pakiramdam nila—ito ay pagiging buktot nila. Ano ang aktuwal na dahilan nito? Ang mga anticristo ay sadyang walang espiritu ng isang normal na tao sa loob nila, sadyang wala silang normal na pagkatao—ganito lang talaga ito sa huling pagsusuri. Kung napakalinaw at napakaliwanag na naririnig ng isang normal na tao ang pagsasalita ng Diyos tungkol sa iba’t ibang aspekto ng katotohanan, iniisip nito, “Sa ganitong buktot at mahalay na kapanahunan, kung saan hindi matukoy ang tama at mali at nalilito sa mabuti at masama, napakahalaga at bihira na makapakinig ng napakaraming katotohanan at gayon kahusay na mga salita!” Bakit ito mahalaga? Ginigising ng mga salita ng Diyos ang mga pagnanais at inspirasyon ng mga taong kapwa may puso at espiritu. Anong inspirasyon? Inaasam nila ang katarungan at mga positibong bagay, nananabik sila na mamuhay sa harap ng Diyos, na magkaroon ng pagkamakatarungan at pagiging matuwid sa mundo, at na pumarito ang Diyos at magkaroon ng kapangyarihan sa mundo—ito ang panawagan ng lahat ng nagmamahal sa katotohanan. Gayumpaman, inaasam ba ng mga anticristo ang mga ito? (Hindi.) Ano ang inaasam ng mga anticristo? “Kung ako ang nasa kapangyarihan, lilipulin ko ang lahat ng ayaw ko! Kapag may nagpapatotoo na si cristo ay diyos na nagpapakita at gumagawa, nagpapatotoo na ang diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa sangkatauhan, at nagpapatotoo na ang mga salita ng diyos ang katotohanan, ang pinakamataas na prinsipyo ng buhay ng sangkatauhan, at ang pundasyon para manatiling buhay ang tao, nasusuklam at namumuhi ako, at ayaw ko itong marinig!” Ito ay isang bagay na nasa kaibuturan ng mga anticristo. Hindi ba’t may ganitong disposisyon ang mga anticristo? Basta’t ang isang tao ay sumasamba sa kanila, tinitingala sila, at sumusunod sa kanila, magkaibigan sila, magkakampi sila; kung ang isang tao ay palaging nagbabahagi tungkol sa katotohanan at nagpapatotoo tungkol sa Diyos, iniwasan at kinasusuklaman ito ng mga anticristo, at inaatake, ibinubukod, at pinahihirapan pa nga ito—ito ay kabuktutan. Kapag pinag-uusapan natin ang kabuktutan, ito ay palaging tumutukoy sa mga tusong pakana ni Satanas; ang mga ginagawa ni

Satanas ay buktot, ang mga ginagawa ng malaking pulang dragon ay buktot, ang mga ginagawa ng mga anticristo ay buktot, at kapag pinag-uusapan natin ang tungkol sa pagiging buktot nila, ito ay pangunahing tumutukoy sa pagkamapanlaban nila sa lahat ng positibong bagay at lalong-lalo na sa pagsalungat nila sa katotohanan at sa Diyos—ito ay kabuktutan, at ito ang disposisyon ng mga anticristo.

Isipin ninyo kung sino-sinong anticristo ang nakaharap na ninyo at nalaman na ninyo na nagpapakita ng gayong buktot na disposisyon. Minsan ay may nakaharap Akong isang mataray na babae na ang pagkatao ay masyadong mapaminsala. Tuwing ipinapangaral ng sambahayan ng Diyos na malapit nang mangyari ang malalaking kalamidad, na wala nang masyadong oras, kung paanong dapat maghanda ang mga kapatid ng mabubuting gawa, kung paanong dapat silang magsikap na hangarin ang katotohanan, kung paanong dapat nilang gampanan nang maayos ang kanilang mga tungkulin para matugunan ang mga layunin ng Diyos, at kung paanong wala silang dapat pagsisihan, sa tuwing ipinapangaral ng sambahayan ng Diyos ang mga ito, ang babaeng ito ay sumusumpa sa kanyang puso at iniisip na, “Ang pagkagunaw ng mundo? Napakasarap ng buhay. Maaaring magugunaw na ang mundo para sa iyo, pero hindi pa ito ang wakas ng mundo para sa akin! Kahit pa dumating ang malalaking kalamidad, dapat pa rin akong mabuhay. Kung may kailangang mamatay, puwedeng kayo na lang!” Wala bang katwiran ang babaeng ito o ano? Sa tuwing nagbabahagi ang sinuman tungkol sa aspektong ito ng katotohanan, ang babaeng ito ay nagiging walang katwiran at lumilitaw ang pagkasuklam sa puso niya, at iniisip niya, “Ayon pa rin naman ang buhay ko! Marami akong pera, may mga sasakyan ako, may mga bahay, malaki ang kita ko, bigatin ako sa lugar namin, at walang maglalakas-loob na salungatin ako. Napakaayos ng lagay ng pamumuhay ko, kung darating ang malalaking kalamidad, hindi ba’t magdurusa ako ng kawalan? Hindi pa ako handang mamatay!” Ano ang perspektiba niya sa gawain ng Diyos at sa kagustuhan ng Diyos na wasakin ang buktot na mundong ito at ang buktot na sangkatauhan? (Mapanlaban siya sa mga ito.) Anuman ang ginawa ng Diyos, kung sangkot dito ang mga interes niya, kung pininsala nito ang mga interes niya, kamumuhian niya ito at magiging mapanlaban dito, at hindi siya sasang-ayon dito, iisipin niyang, “Mali ang ginagawa mo!” at agad niyang itatatwa ang mga gawa ng Diyos. Bukod dito, ang pinakabuktot sa kanya ay na ayaw niyang nangingibabaw ang pagkamakatarungan at ang pagiging matuwid; sinuman ang may kapangyarihan, kahit pa ang Diyos ang may kapangyarihan at may pagkamakatarungan at pagiging matuwid, kung napinsala nito ang mga interes niya, hindi iyon katanggap-tanggap—mas importante sa kanya ang mga interes niya kaysa sa Diyos. Hindi ba’t ang mga kilos niya ay sa isang malademonyong kalikasan? At kapag umiiral ang isang malademonyong kalikasan, hindi ba’t katulad na kalikasan iyon ng kapag sinasapihan ng isang masamang espiritu ang isang tao at sinasabi niyang ayaw niyang marinig ang mga salita ng Diyos? (Oo.) Sa tuwing binabasa ng isang tao ang mga salita ng Diyos, sinasabi ng masamang espiritong iyon na ayaw nitong marinig iyon. Sa tuwing may isang kapatid na nagbabahagi tungkol sa nalalapit na pagdating ng araw

ng Diyos o sa nalalapit na pagdating ng malalaking kalamidad, kinamumuhian ito at isinusumpa ng mataray na babaeng ito sa kanyang puso. Bakit niya ito isinusumpa? Kung paparito ang Diyos para wasakin ang mundo, mawawala sa kanya ang lahat ng pag-aari niya—tuwing may nakakaapekto sa mga interes niya, isinusumpa niya ito. Kaya, ang pagsumpa niya ay may kaparehong kalikasan ng isang masamang espiritu na nagsasabing ayaw nitong marinig ang mga salita ng Diyos. Pareho ang katangian nila, iyon ay tuwing may nagbabanggit sa katotohanan, naglalantad ng kaibuturan ng kanilang mga kaluluwa, naglalantad ng kanilang kapangitan, kanilang kabuktutan, at kanilang pagiging lihim na mapanira, lumilitaw sa puso nila ang pagkamuhi, paglaban, at pagtutol, at pagkatapos ay nagmumura at sumusumpa sila—ganito ang isang masamang espiritu. Sa panlabas, ang mataray na babaeng ito ay nagsalita at kumilos nang katulad lang ng isang normal na tao, at hindi na parang sinapihan siya ng isang demonyo, pero ang kalikasan ng kanyang mga kilos ay katulad ng sa demonyong iyon. Kapag may pagkakataon kayo, puwede ninyong tanungin ang mayayaman sa iglesia, “Kapag dumating na ang araw ng Diyos at dumating na ang malalaking kalamidad, at nawala na ang lahat ng pag-aari ng pamilya mo, madidismaya ka ba? Nananabik ka ba sa pagdating ng araw ng Diyos? Nananabik ka ba sa pagiging nasa kapangyarihan ng Diyos, at pangingibabaw ng pagkamakatarungan at pagiging matuwid? Nananabik ka ba sa mabilis na paglipol ng Diyos sa buktot na sangkatauhang ito, kahit na ikaw ay lilipulin din? Handa ka bang mangyari ito?” Tingnan ninyo kung ano ang pananaw nila. Ang ilan ay handang mangyari ito, at ang ilan ay hindi. Kung pagsasama-samahin ang buong mundo, ang buong sansinukob, ang lahat ng materyal na bagay na pinamamahalaan ng Diyos—hindi natin pinag-uusapan ang mga di-materyal na bagay, ang mga bagay lamang na materyal: ang pag-aari ng pamilya, ang mga sasakyan, ang mga bahay, ang pera, at iba pa—kung pagsasama-samahin ang lahat ng ito, magiging katumbas ba ang mga ito ng isang butil ng buhangin sa kamay ng Diyos? (Hindi.) Gayumpaman, kapag nakukuha ng mga tao ang mga bagay na ito, ayaw nilang bitiwang ang mga ito at sa tingin nila ay may kapital sila para makipagtagisan sa Diyos, sinasabing, “Kung kukunin mo ang pag-aari ng pamilya ko, kamumuhian kita, sasalungatin kita, at hindi ko kikilalaning ikaw ang diyos!” Nakadepende ba sa pagkilala mo kung ang Diyos ay Diyos o hindi? (Hindi.) May kapital ka ba para makipagtagisan sa Diyos gamit ang katiting na pag-aari ng pamilya mo? Napakamangmang mo! Ang mga diyamante ang pinakamahalagang bagay sa daigdig. Kapag nakita ng mga ordinaryong tao ang isang diyamante na isang karat, namamangha sila at nagsasabing, “Ang laking diyamante! Siguradong 10 o 20 libong dolyar ang halaga nito!” Iniisip nila na napakahalaga ng mga diyamante. Pero pagkatapos ay narinig ko ang isang balita na isang planetang hindi malayo sa daigdig ang ganap na gawa sa diyamante, at bigla kong napagtanto: Napakakitid ng pananaw ng mga tao. Kapag nakita mong kumikinang ang isang diyamante, gustong-gusto mo ito at iniisip mong ito ay isang kahanga-hangang bagay, pero kapag narinig mong may isang planetang gawa sa diyamante, ano ang perspektiba mo rito? Nagbabago ang perspektiba mo sa diyamante.

Ibig sabihin, kapag narinig mo ang ibang impormasyon, biglang lumalawak ang pananaw mo, hindi mo na lamang nakikita ang maliit na espasyo sa harap mo, hindi ka na isang palakang nasa loob ng balon, dahil nadagdagan na ang dami ng impormasyong mayroon ka, at nagbago at lumaki na ang pang-unawa mo. Sa pamumuhay sa mundong ito, habang patuloy na nahaharap ang mga tao sa bawat bagay na nangyayari sa kanila at sa iba't ibang kapaligiran, patuloy na nagbabago ang pananaw nila, habang patuloy ring nagbabago ang kanilang mga perspektiba. Normal ito, at ito ang proseso kung saan sinasanhi ng Diyos na unti-unting sumulong ang mga tao sa buhay na ito, at magkaroon ng patuloy na pag-usad sa kabatiran, sa perspektiba, sa pagkaunawa sa buong mundo at sa mga gawa ng Diyos. Kaya, ngayong narinig na ninyo ang pagsasalita Ko sa bagay na ito, paano ninyo ito dapat tratuhin? Dapat ba ninyong isipin na, “O, napakamangmang ng mga tao sa daigdig, wala silang kabatiran, at napakakaunti ng alam nila!”? Ang ibig sabihin niyon, ang iyong mga pananaw at kabatiran sa buong sansinukob, sa buong sangkatauhan, sa lahat ng bagay na pinamamahalaan ng Diyos, sa lahat ng utos ng Diyos, ay maaaring katulad ng pagkaunawa mo sa isang maliit na diyamante na ang halaga ay ikinukumpara sa isang planeta, tama? (Tama.) Anong kongklusyon ang magagawa natin dito? Sa planetang daigdig, gaano man kalaki ang mga nagawa ng isang tao, gaano man siya kasikat, gaano man kahusay ang pagganap niya, hindi siya dapat magyabang, dahil ang mga tao ay napakaliit at walang halaga! Naghanda ang Diyos ng ilang diyamante sa daigdig at naglalaban ang mga tao para doon. Hindi ba alam ng mga tao kung ilang planeta na nasa kamay ng Diyos ang naglalaman ng mas mahahalaga pang bagay kaysa diyamante? Hindi ba’t nakakaawa ang mga tao? (Oo.) Ganito kakaawa-awa ang mga tao; napakamangmang ng mga tao.

Hindi mapigilan ng mga anticristo na lumaban sa Diyos; likas nilang kinamumuhian ang katotohanan at ang mga positibong bagay, at ni hindi nila kayang tantanan ang mga taong naghahangad sa katotohanan at nagmamahal sa mga positibong bagay, kundi kinokondena, sinisiil, at ibinubukod nila ang gayong mga tao. Pagdating naman sa mga nakikipagsabwatan sa kanila, sila ay likas na magkakasama, pinoprotektahan ang isa’t isa, kinukunsinti at nagiging sipsip sa isa’t isa. Mula rito, makikita natin na ang mga taong ito na mga anticristo ay masasamang espiritu at maruruming demonyo na ipinanganak bilang tao, at wala silang normal na pagkatao. Gaano man nila nauunawaan ang katotohanang naririnig nila, o gaano man kalinaw nilang ipinangangaral ang mga salita at doktrina, kapag oras na para magsagawa, ang pinipili lang nilang gawin ay ang sumalungat sa katotohanan at lumaban sa Diyos, at ang protektahan ang kanilang sariling katayuan at mga interes—ito ang kabuktutan nila. Sa anong paraan sila pinakabuktot? Ito ay iyong kinamumuhian nila ang katotohanan; kinamumuhian nila ang katotohanan nang walang paliwanag at dahilan. Kung tatanungin mo sila kung bakit nila kinamumuhian ang katotohanan, siguro ay hindi nila magagawang ipaliwanag ito, pero ang bawat kilos nila ay nagpapakita ng disposisyon at mga paraan ng mga anticristo, at ang bawat kilos nila ay nagliligaw at nambibitag ng mga tao, nanggugulo at nanggagambala sa gawain ng

sambahayan ng Diyos—ito ang resulta ng bawat kilos nila. Ikumpara ninyo at tingnan ninyo ang mga lider at manggagawa sa bawat antas o ang mga ordinaryong kapatid sa paligid ninyo, na kilala at nakakaugnay ninyo para malaman ninyo kung may sinuman sa kanila na namumuhi sa mga kapatid na naghahangad sa katotohanan at palaging gustong batikusin at ihiwalay ang mga taong ito nang walang dahilan. Alam nila mismo na hindi ito tama pero hindi nila ito mapigilan, nagsasabi sila ng magagandang pakinggang salita sa harap ng mga kapatid na ito pero iba ang ginagawa nila kapag nakatalikod na ang mga ito, ipinapakita nila ang malademonyong mukha nila at nagsisimula silang salungatin ang mga ito. Kung hindi ito kabuktutan, ano ito? Ano ang pinakakasuklam-suklam sa mga anticristo? Madalas silang nagsasabi ng mga tamang bagay para iligaw ang mga hinirang na tao ng Diyos at ang mga nakapalibot sa kanila at para dayain at lokohin pa nga ang ang Itaas, at bukod pa roon, gusto nilang dayain ang Diyos at makuha ang tiwala ng mga tao gamit ang mabubulaklak na salita, at pagkatapos ay magwala, kumilos nang walang pakundangan, at gawin ang anumang gusto nilang gawin sa sambahayan ng Diyos. Alam nila kung paano magsalita nang tama, kung paano magsalita nang mali, at alam nila kung paano sila dapat kumilos, kung paano sila hindi dapat kumilos, kung ano ang mga prinsipyo, kung ano ang mga hindi prinsipyo, kung ano ang pagsalungat sa mga prinsipyo at kung ano ang pagkilos ayon sa mga prinsipyo. Sa puso nila ay hindi malabo ang mga bagay na ito, at napakalinaw at napakaliwanag pa ngang alam ng ilan ang mga ito, pero gaano man nila nauunawaan at malinaw na nalalaman ang mga prinsipyo, kapag ginagawa nila ang mga bagay-bagay ay hindi man lang nila isinasagawa ang katotohanan, at walang pag-aatubuli nilang ginagawa ang masasamang bagay na naaayon sa mga sarili nilang kagustuhan. Ito ang nagpapasya sa kanilang kalikasan bilang sataniko at bilang sa isang anticristo. Hindi lamang sila tutol sa katotohanan at namumuhi sa katotohanan, kundi madalas pa nilang kinamumuhian at kinokondena ang mga positibong bagay. Bakit namumuhi ang malaking pulang dragon sa katotohanan at sa Diyos? Ito ay ganap na napagpasyahan ng satanikong kalikasan nito. Ang ilang kapatid ay inuusig at labis na tinutugis kaya hindi na sila makauwi sa tahanan nila, at sinasabi ng mga diyablo at Satanas na iyon, “Hindi na normal na namumuhay ang mga taong ito; inabandona na nila ang mga pamilya nila.” Ang totoo, hindi sila makauwi dahil inuusig sila ng malaking pulang dragon. Maraming beses nangyayari ang bagay na ito. Ano pa ang ibang narinig ninyo? (Sinasabi ng malaking pulang dragon na kung masyadong babasahin ng mga tao ang mga salita ng Diyos, malalason ang mga utak nila.) Sinasabi ng malaking pulang dragon, “Nilalason ng mga salita ng diyos ang utak ng mga tao; puro na lang diyos ang nasa isip nila.” Ito ay pagbabaligtad sa katotohanan. Malinaw na ang malaking pulang dragon ang siyang gumagawang tiwali at lumalason sa utak ng mga tao, pero binabaligtad nito ang katotohanan at sinasabing nilalason ng mga salita ng Diyos ang utak ng mga tao—napakabuktot ng mga demonyong ito! Inaangkin ng malaking pulang dragon ang lahat ng mabubuting gawang ginagawa ng iba at isinisisi sa iba ang masasamang gawang

ginagawa nito. Ganoon din ang ginagawa ng mga anticristo; ang mga pamamaraan nila ay eksaktong kapareho ng mga pamamaraan ng malaking pulang dragon, si Satanas. Talagang mga alipin sila ni Satanas!

Halos natapos na ba nating pagbahaginan ngayon ang mga buktot, lihim na mapanira, at mapanlinlang na pagpapamalas ng mga anticristo? Ang naibahagi Ko ba ngayon ay hindi naiiba at mas tunay pa kaysa sa literal ninyong nauunawaan? Marami nang nagawang video ang sambahayan ng Diyos sa mga nagdaang taon, at kabilang na ang ilang himno at pelikula at iba pa, lahat ng ito ay nai-upload na online. Nakita ito online ng isang anticristong nasa mainland Tsina at sinabi niyang, “Ginawa ninyo ang mga programang ito sa ibang bansa at kaya rin namin itong gawin sa Tsina.” Pagkatapos ay nangalap siya ng mga tao, nakahanap siya ng isang grupo, at nagsimula ng isang koro sa bansa ng malaking pulang dragon. Sa huli, inaresto ang mga taong ito. Bakit kailangang gawin ito ng anticristo? May layon ba siya? (Oo.) Ano ang layon niya? (Ang kumontrol ng mga tao.) Hindi ito ganoon kasimple, na gusto lang niyang kumontrol ng mga tao. Gusto niyang bumuo ng sarili niyang paksiyon. Ang ideya niya ay, “Kayang magkaroon ng sambahayan ng diyos ng koro, at kaya ko rin! Kung magtatagumpay ako, magkakaroon ako ng sarili kong paksiyon. Sa isang kumpas lang ng kamay ko, maraming tao ang darating!” Sa ganitong paraan, kaya niyang pumalit sa iglesia ng Diyos. Hindi ba’t ito ang layong gusto niyang makamit? Pero ang naging resulta ay sinupil ito ng malaking pulang dragon at hindi natupad ang kanyang lihim na balak. Ginagampanan ng sambahayan ng Diyos ang gawaing ito sa ilalim ng kondisyon na may tiyak na seguridad. May ganito bang kondisyon para sa kanya sa bansang pinamumunuan ng malaking pulang dragon? Walang ganitong kondisyon para sa kanya, pero gusto pa rin niyang magpakitang-gilas. Hindi siya maayos na nakapagpakitang-gilas, at sa huli ay hindi naging maganda ang mga kinahinatnan para sa kanya. Ilang taon na ang nakakalipas, isa pang grupo ng mga tao ang gumawa ng programa at inilagay ito online. Umawit sila ng mga lumang tugtugin na may kasamang sayaw at nagsuot ng mga bulaklaking damit na may estilong pang-etnikong minorya. Masyado na itong gasgas at lipas na. Sabihin ninyo sa Akin, hindi ba’t nagdulot lang ng mga kaguluhan ang mga anticristong ito? (Oo.) Hindi alam ng mga walang pananampalataya at mga relihiyosong tao ang aktuwal na sitwasyon at naniwala silang ang mga ito ay ginawa talaga ng iglesia. Palaging gumagawa ng mga kahangalan ang mga anticristo; hindi lamang sila buktot, kundi mga hangal din. Bakit sila hangal? Dahil ba napakabuktot nila na sila ay naging mga estupidong tao na may kabuktutan? Hindi. Anuman ang kakayahan ng isang tao, kung nauunawaan niya ang kaunting katotohanan, kahit pa wala siyang paraan na makapagpatuloy kapag ginagawa niya ang mga bagay-bagay at hindi niya alam kung ano ang angkop o hindi angkop na gawin niya, may hangganan siya sa kanyang puso: Hindi siya kikilos nang pabaya o pikit-mata. Hindi ba’t ganito ang sitwasyon? (Oo, ganito nga.) Gayumpaman, ang mga taong hindi nauunawaan ang katotohanan at napakamapagmataas na wala nang katwiran ay kumikilos nang pabasta-basta. Ano ang ibig sabihin ng kumilos sila

nang pabasta-basta? Ang mga taong gaya nito ay walang katwiran, at ang mga taong walang katwiran ay hindi makakapagsaalang-alang ng mga isyu. Ano ang ibig Kong sabihin sa “magsaalang-alang”? Ang ibig Kong sabihin ay kung ano ang gagawin sa mga unang yugto, kung ano ang ihahanda, kung anong mga bagay ang kailangan kapag gumagawa ng aksiyon, kung bakit kailangang gawin ang programang ito at, pagkatapos magawa ang programa, kung gaano karaming tao ba ang maaapektuhan, kung gaano karaming tao ba ang mapatitibay, at kung may mga kahihinatnan o negatibong epekto ba ito—lahat ng ito ay kailangang timbangin. Ang proseso ng pagtitimbang na ito ay tinatawag na “pagsasaalang-alang.” Kaya bang isaalang-alang ng mga hangal na taong ito ang mga bagay-bagay? (Hindi.) Ang mga taong hindi kayang magsaalang-alang ng mga isyu ay walang pagkamakatwiran; mayroon ba silang anumang pagkaunawa sa katotohanan? Siguradong wala. Kung talagang nauunawaan ng isang tao ang kaunting katotohanan, ang kanyang katwiran ay magiging mas malinaw at mas maayos. Maaaring maging mas malinaw sa kanya kung ano ang positibo at negatibo, kung ano ang tama at mali, at kung nasa anong saklaw ang ganito at ganoong prinsipyo; ibig sabihin, anuman ang ginagawa niya, gumagawa man siya ng mabuti o masama, may pamantayan siya sa puso niya. Halimbawa, kung may magsabi sa iyong tumakbo ka nang nakahubad sa kalsada, gagawin mo ba iyon? (Hindi.) Gagawin mo ba iyon kung sasaktan ka ng isang tao? Gagawin mo ba iyon kung may magbibigay sa iyo ng sampung libong yuan? (Kahiyanghiyang gawin iyon. Hindi ko magagawa iyon.) Ang pagkaalam na nakakahiyang bagay na gawin ito ay isang uri ng pag-iisip, isang uri ng paghatol, at isang uri ng saloobin na nagmumula sa pagkamakatwiran, ibig sabihin, sa ganitong pagkamakatwiran lamang ka magkakaroon ng gayong pag-iisip at gayong saloobin. Samakatwid, akitin ka man gamit ang pera o mabagsik na pahirapan at saktan, gaano ka man puwersahin, hindi mo pa rin ito gagawin, kung magkagayon ay hindi ka man lang maaapektuhan, at maninindigan ka. Hindi nauunawaan ng mga anticristo ang katotohanan, kaya wala silang konsepto ng anumang ginagawa nila. Ano ang ibig sabihin ng “konsepto” rito? Ibig sabihin, hindi nila alam kung ano ang gagawin para magpatotoo tungkol sa Diyos. Naniwala ang anticristong ito na may puso siyang napakamapagmahal, tinipon niya ang isang grupo ng mga tao para gumawa ng video ng koro at sa huli ay gumastos siya ng maraming pera at inilagay niya sa panganib ang sarili niya. Mas malala ang sitwasyon sa mainland Tsina kaysa sa ibang bansa, kaya paano kung may hindi magandang mangyari? Isinaalang-alang niya ba ito? Maaaring medyo isinaalang-alang niya ang sitwasyon, pero hindi niya alam kung anong mga programa ang gagawin o kung anong mga resulta ang kakamtin—wala siyang anumang naunawaan. Bakit hindi niya naunawaan? Wala siya ng pagkamakatwirang ito. Paano nagkakaroon ng pagkamakatwiran? Sa pagkaunawa lamang ng katotohanan na unti-unting nagiging malinaw at maayos ang katwiran ng mga tao. Ang mga anticristo ay may kalikasang namumuhi sa katotohanan, likas nilang sinasalungat ang mga positibong bagay, at sa kaibuturan ng puso nila ay hindi nila kailanman kayang mahalin ang katotohanan, kung gayon kaya ba nilang maunawaan

ang katotohanan? (Hindi.) Kung hindi nila kayang maunawaan ang katotohanan, kaya ba nilang magkaroon ng pag-iisip ng normal na pagkatao? Hindi sila kailanman magkakaroon nito. Ang mga tao bang walang pag-iisip ng normal na pagkatao ay may pagkamakatwiran? Wala, wala sila nito. Kapag may ginagawa at sinasabing anuman ang mga anticristo, ang mga perspektiba at lahat ng ginagawa nilang iyon ay walang pinagkaiba sa mga bagay na ginagawa ng mga diyablo at masasamang espiritu. Bakit Ko sinasabing walang pagkakaiba? Halimbawa, may isang taong talagang gustong-gustong mangaral at magpakitang-gilas, kaya palagi siyang naghahanap ng mga tao para pakinggan siya sa pangangaral ng mga sermon. Kahit pa ayaw ng mga taong makinig sa kanya, nangangaral pa rin siya; kapag ang ibang tao ay nasusuklam sa kanya, hindi niya ito makita, at hindi niya sinusubukang obserbahan sila, hindi niya nakikita kung ano ang pangangailangan ng iba, at pinalulugod lamang niya ang sarili niya. Hindi ba't nakakahiya ito? Nakakahiya ito at wala siyang pagkamakatwiran. Mayroon bang anumang pagkakaiba sa pagitan ng kawalang ito ng pagkamakatwiran at ng sapalaran at walang pakundangang pagsasalita at mga pagkilos ng isang taong sinapian ni Satanas at ng masasamang espiritu? Bagama't hindi siya mukhang may problema sa pag-iisip na hibang na nagtatatakbo sa kalsada nang nakahubad, makikita mong kumikilos siya nang walang pagkamakatwiran. Kapag sinabi sa kanyang diligan ang ilang kapatid, o ipangaral ang ebanghelyo, o gampanan ang isang tungkulin, siya ay ganap na walang mga prinsipyo at kumikilos lang nang walang ingat kung paano niya gusto. May ilang taong 20 taon nang ipinapangaral ang ebanghelyo nang walang nakakamit kahit isang tao, pero gusto pa rin nilang maging mga lider. May mga gayon bang tao? Oo, mayroon. Wala silang anumang prinsipyo, ginugulo nila ang lahat ng bagay na ginagawa nila, pero gusto nilang maging lider at pamunuan ang ibang tao—siguradong maraming tao ang gaya nito. Napakaraming taon na silang nananampalataya sa Diyos, marami na silang nabasa sa mga salita ng Diyos, at nakinig na sila sa maraming sermon, pero wala pa silang nauunawaang kahit anong katotohanan. Kaya, saan nauugnay ang kawalan nila ng pagkaunawa? Ano ang nagdulot sa kanilang hindi makaunawa? Dahil ba ito sa masyado silang kulang sa kakayahan at sa abilidad na makaarok, o na masama ang karakter nila at hindi nila mahal ang katotohanan? (Ito ay may kinalaman sa diwa nila.) Bakit ito may kinalaman sa diwa nila? (Dahil buktot ang diwa nila, hindi nila matanggap ang gawain ng Banal na Espiritu, at hindi gumagawa ang Diyos sa mga gayong tao, kaya gaano man nila kainin at inumin ang mga salita ng Diyos, hindi nila kailanman mauunawaan ang katotohanan.) Ito ay isang obhetibong kadahilanan. Ang obhetibong kadahilanan ay siyempre, iyong hindi gumagawa ang Banal na Espiritu sa kanila kaya siguradong hindi nila mauunawaan ang anumang bagay—ganito ang nangyayari sa sinuman. Mayroon ding subhetibong kadahilanan, at ano iyon? (Ang gayong mga tao ay namumuhi sa katotohanan.) At paano itinuturing ng mga taong namumuhi sa katotohanan ang katotohanan? (Bilang kanilang kabaligtaran.) Itinuturing nila ito bilang kanilang kabaligtaran; iyon ay isang aspekto. Ano pa ang iba? Kaya ba nilang maarok ang praktikal na panig ng

katotohanan? Hindi kailanman. Kung hindi man lang nila maarok ang antas na ito, sabihin ninyo sa Akin, magagawa ba nilang maunawaan ang katotohanan? Hindi kailanman, hindi nila mauunawaan ang katotohanan. Ang obhetibong kadahilanan ay iyong ang gayong mga tao ay walang kakayahang tanggapin ang gawain ng Banal na Espiritu, at hindi sila binibigyang-liwanag ng Diyos. Ang subhetibong kadahilanan ay iyong mapanlaban sila sa Diyos, sa katotohanan, at sa mga positibong bagay, at walang positibong bagay ang positibong bagay para sa kanila. Kung gayon anong mga bagay ang pinaniniwalaan nilang positibo sa puso nila? Iyon ang klase ng mga bagay na isinusulong ni Satanas—ang mga bagay na lahat ay buktot, hungkag, at malabo. Kung gayon, kaya bang maunawaan ng mga buktot na taong ito na namumuhi sa katotohanan ang katotohanan? Hindi nila ito kailanman mauunawaan dahil hindi nila ito tinatanggap. Ngayon, sabihin ninyo sa Akin, may silbi pa ba para magbahagi tayo sa gayong mga tao tungkol sa katotohanan? Magiging handa ba silang makinig kapag binasa mo ang mga salita ng Diyos sa kanila? Lahat sila ay mga walang pananampalataya at demonyo, kaya paano sila makikinig sa mga salita ng Diyos? Hindi maarok ng ilang tao ang usaping ito at sinasabi nilang, “Bakit hindi sila makaunawa kapag nagbabahagi ako sa kanila tungkol sa katotohanan? Hindi ba sila tao?” Naguguluhan ka at hindi mo maipaunawa sa kanila. Ang mga salita ng ilang tao ay hindi talaga kayang pakinggan at ang mga ginagawa nila ay talagang kahangalan—sila ay mga walang pananampalataya, mga demonyo, at mga bingi sila sa lahat ng katwiran. Bakit Ko sinasabi ang mga salitang ito, “bingi sa lahat ng katwiran”? Nananampalataya kang umiiral ang Diyos at na ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay—hindi ba’t mga positibong bagay ito? (Positibo nga.) At ano ang pinaniniwalaan ng mga taong ito? “Ganito ba ang pagiging may kataas-taasang kapangyarihan ng diyos sa lahat ng bagay? Hindi siya kahanga-hanga.” Hindi ba’t bingi sila sa lahat ng katwiran? (Bingi sila.) Walang paraan para makipag-usap sa gayong mga tao; ibang uri sila, mga hayop, mga bingi sa lahat ng katwiran. Hindi kailanman nauunawaan ng mga hayop kung ano ang mga positibong bagay o kung ano ang katotohanan, kaya walang paraan para makipag-usap sa mga ito. Ang katunayang hindi ninyo magawang makausap sila ay hindi problema sa oras, o kung nagsisikap ba kayo nang matindi o kung gaanong pagsisikap ang ginagawa ninyo, kundi dahil sadyang wala silang kakayahang makaunawa, kaya ano pa ba ang sasabihin mo sa kanila? Ano ba mismo ang nasa loob ng mga taong ito? Walang pagkamatapat, walang pagiging matuwid, at walang kabutihan sa puso nila, kabuktutan lang, puno sila ng kabuktutan. Ito ang dahilan kung bakit ang mga taong ito ay bingi sa lahat ng katwiran at hindi maliligtas.

Kapag ikinukumpara sa disposisyon ng kabuktutan ang pagiging mapanlinlang at pagiging lihim na mapanira, ang antas ng mga ito ay mas magaan at mababaw. Kung mababaw ang antas, bakit Ko binabanggit ang mga ito rito? Kumikilos at nagsasalita nang mapanlinlang, hindi maipaliwanag, at hindi malinaw ang mga anticristo, na ipinararamdam sa iba na sila ay lihim na mapanira at mapanlinlang, at hindi maarok ng

mga ordinaryong tao ang buong katotohanan tungkol sa kanila. Kumikilos at nagsasalita sila nang mapanlinlang at hindi nila makasundo ang mga taong totoo, matapat, at naghahangad sa katotohanan. Sa halip, madalas nilang pinaglalaruan at ginagamit ang gayong mga tao. Ganap na walang kamalayan ang mga taong ito na pinaglalaruan at dinadaya sila ng mga anticristo, at ginagamit pa nga. Siyempre, ang pag-uugali at pamamaraang ito na ginagamit ng mga anticristo ay hindi masyadong nakakapinsala sa mga tao. Ano ba ang nagdudulot ng sobrang pinsala sa mga tao? Iyon ay ang buktot na disposisyon ng mga anticristo, at ang paglilihis, pagkontrol, at pagsupil sa mga tao na nagmumula sa buktot na disposisyong ito na mas matindi pang nakakapinsala. Palaging may motibasyon at layunin ang mga anticristo na hindi nila masabi sa iba pagdating sa mga kilos nila. Hindi nila kailanman iaalay o igugugol ang anuman nang walang dahilan, ni gagawin nila ang anuman para sa sinuman o sa sambahayan ng Diyos nang walang dahilan o kabayaran. Sa likod ng bawat pagkilos at salita nila ay may motibasyon, may layunin, at sa sandaling malantad ang layunin at motibasyon nila, o masira ang kanilang mga ambisyon at pagnanais, naghahanap sila ng pagkakataong umatras. Sa puso nila, iniisip nila, “Labis na hindi sulit na ialay o igugol ang sarili ko nang walang dahilan, sayang lang ang oras ko. Kailangang may makuha ang isang tao sa pananampalataya sa diyos. Kung gugugulin ng isang tao ang kanyang sarili para sa diyos nang walang hinihinging gantimpala, katangahan lang iyon.” Ang lohika nila ay: “Walang libreng tanghalian.” Inilalarawan nila na ang konsensiya at katwiran, ang pag-uugali, at ang mabubuting gawa na dapat taglayin at gawin ng mga normal na tao bilang katangahan at kahangalan. Hindi ba’t buktot ito? (Oo.) Ito ay napakabuktot. Halimbawa, gumagawa ng ilang pagsasaayos ng gawain ang sambahayan ng Diyos at nagbibigay ng kaunting pangangalaga para sa buhay ng mga kapatid na ginagampanan ang kanilang mga tungkulin, pero hinahadlangan sila ng mga anticristo mula sa loob. Ano ang layunin ng isang anticristo sa paghadlang sa kanila? Kung ang mga pagsasaayos ng gawain ay mula sa anticristo, at dahil alam ito ng mga kapatid, makakaramdam sila ng utang na loob sa anticristo, kung magkagayon ay mangunguna ang anticristo. Kung hindi alam ng mga kapatid kung sino ang gumawa ng mga pagsasaayos ng gawain at iniisip nila na ang sambahayan ng Diyos ang gumawa sa mga iyon, at pinasasalamatan nila ang Diyos, isasagawa ba ng anticristo ang mga ito? Siguradong hindi. Ang mga pagsasaayos ng gawain ay titigil na sa anticristo at hindi maipapatupad. Kapaki-pakinabang sa mga kapatid na maglabas ang sambahayan ng Diyos ng mga pagsasaayos na ito ng gawain, at mas maayos na lalaganap ang gawain ng ebanghelyo; ito ay isang malaking bagay na may kinalaman sa gawain ng Diyos, kaya paano dapat isagawa ng mga lider ang mga pagsasaayos na ito sa gawain? Dapat nilang gawin ang lahat ng makakaya nila para isagawa nang maayos ang mga ito at ipatupad ang gawain. Gayumpaman, hinahadlangan ito ng ilang anticristo mula sa loob at hindi nila ipinatutupad ang gawain sa loob ng dalawang taon. Ano ang dahilan nito? Ito ay paghadlang at panggugulo ni Satanas. Ang ilang iglesia ay ginugulo at kinokontrol ng mga anticristo at ng masasamang tao, at hindi inaalagaan ang mga kapatid na

ginagampanan ang kanilang mga tungkulin. Pinasasaya nito ang mga anticristo, at sa puso nila ay iniisip nila, “Sapat na para sa akin na maging benepisyaryo ng gayong kamangha-manghang bagay at ng gayong kalalaking pakinabang. Paanong magiging benepisyaryo ang lahat ng kapatid?” Paano maaapektuhan ang mga anticristo ng pakikinabang ng mga kapatid? Hindi sila nito maaapektuhan. Makikinabang sila, lahat ay makikinabang, at magiging maganda iyon! Isipin ninyo ang pangkalahatang sitwasyon: Hindi mo ito dapat hadlangan, ni dapat mo itong ipagkait, kundi dapat ipatupad mo ito nang masaya. Hindi ba’t normal iyon? (Oo.) Ito ang tungkuling dapat gampanan ng isang tao, at responsabilidad mo ito. Ang isang aspekto ay iyong wala ka namang ginastos dito, habang ang isa pang aspekto ay ito: Hindi ba’t hinihiling ng lahat na lumaganap ang gawain ng ebanghelyo? (Hinihiling namin.) Kapag nakikita nila ang mga kapatid na tinatamasa ang biyaya ng Diyos, naiinggit ba sila? Ano ang kinaiinggitan nila? Hindi ba’t mga demonyo ang mga anticristo? Kung gayon, bakit hindi ipinapatupad ng mga anticristo ang gawain? Ito ay dahil naiinggit sila. Isinasaalang-alang ba nila na ang pagpapatupad sa gawain ay kapaki-pakinabang sa pagpapalaganap ng gawain ng ebanghelyo? (Hindi.) Naaapektuhan ba nito ang mga interes nila? Ano ang kinalaman nito sa kanila? Wala naman itong kinalaman sa kanila, pero hindi nila ito ipinatutupad, at ito ay pagiging buktot nila. Mga buhay silang diyablo at dapat sumpain! Sa gayong bagay na may kinalaman sa gawain ng sambahayan ng Diyos at sa napakaraming taong ginagampanan ang kanilang mga tungkulin, hindi man lang nila isinasaalang-alang ang mga kahihinatnan. Kung mayroon silang kahit kaunting mabuting layon, hindi nila magagawa iyon. Bakit sila kumikilos nang ganito? Ito ay kasamaan, at ito ay kabuktutan. Ginagawa ba ninyo ang gayong mga bagay? Kung may kakayahan kayong gawin ang gayong mga bagay, wala kayong pinagkaiba sa mga anticristo, at mga buhay na diyablo rin kayo. Hindi ninyo dapat gawin ang gayong mga bagay! May ilan ding anticristo na nakikitang may masasamang tao sa iglesia na madalas na ginugulo ang gawain ng iglesia, na nagwawala sa iglesia, pero binabalewala nila ito. Kapag sinabi sa kanilang asikasuhin ang gayong mga tao, tumatanggi sila at ipinagpapaliban nila ang pag-aasikaso sa mga iyon. Hindi nila isinasaalang-alang ang mga interes ng mga kapatid; iniisip lang nila na huwag masira ang reputasyon nila, at iyon lang. Iniisip nila, “Ginawa akong lider, kaya ako dapat ang magpapasya. Ako ang may ganap na kapangyarihan at awtoridad. Kung patatalsikin ko ang sinumang sabihin mo na patalsikin, magpapakita iyon na ganap akong walang kapangyarihan. Dapat kong siguraduhin na alam ng mga kapatid na ang mga taong ito ay nasa ilalim ng pangangalaga ko at mga nasasakupan ko.” Sino ang nilalabanan nila? (Ang Diyos.) Hindi ba’t buktot ang paglaban sa Diyos? Ito ay kabuktutan. Alam mo ba kung anong klaseng bagay ang isang tao? Ibinigay ng Diyos ang hininga mo, at kung hindi mo alam ang gayong kaimportanteng bagay, hindi ba’t ginagawa kang hangal niyon? Kayang tapusin ng Diyos ang buhay mo anumang sandali, pero desperado ka pa ring sumasalungat sa Diyos—buktot ito, at ikaw ay isang buhay na diyablo! Samakatwid, ang isang aspekto ay iyong dapat mong hangarin ang katotohanan at hindi sundan ang

landas ng isang anticristo; bukod dito, dapat mong malaman kung paano kilatisin ang mga anticristo. Kung makaharap mo ang isang anticristo, dapat mo siyang obserbahan nang mabuti, at kung makita mong gagawa na siya ng masama, pigilan mo siya agad, at makipagkaisa ka sa mga kapatid para ilantad siya, himayin siya, tanggiin siya, at patalsikin siya. Kamakailan ay nabalitaan Ko na nagtipon ang ilang nakababatang kapatid sa iglesia para patalsikin ang isang huwad na lider. Sasabihin Kong ang mga kabataang ito ay may pagsulong na, hindi sila namumuhay ayon sa mga satanikong pilosopiya, kaya nilang isagawa ang katotohanan at kumilos ayon sa mga prinsipyo, at mas maayos sila kaysa sa karamihan ng tao. Karamihan sa mga tao ay may mga pilosopiya para sa mga makamundong pakikitungo, malubhang nalason ni Satanas, at hindi pa naaalisan ang impluwensiya ni Satanas. Ang magawang alisin ang isang huwad na lider ay nagpapakita na nauunawaan ng isang tao ang kaunting katotohanan at kaya niyang protektahan ang gawain ng sambahayan ng Diyos—mabuting bagay ito. Ipinapakita nito na ang isang tao ay lumago na sa buhay at kayang gawin nang maayos ang kanyang tungkulin.

Sa pagbabahaginan at paglalantad ngayong araw sa mga aspekto ng diwa ng pagiging buktot, lihim na mapanira, at mapanlinlang ng isang anticristo, pati na rin sa lahat ng kanyang iba't ibang pagpapamalas, makikita natin na ang mga anticristo ay likas na salungat sa Diyos. Sinasabi ng ilang tao, “Kahit na may disposisyon ako ng isang anticristo, wala akong kalikasang diwa ng isang anticristo, at hindi ako kailanman magiging isang anticristo.” Ano ang tingin mo sa saloobing ito? Kahit na wala kang diwa ng isang anticristo, ngunit mayroon kang mga pagpapamalas at pagpapakitang ito ng isang anticristo, isinasabuhay mo ang isinasabuhay ng isang anticristo, at mayroon kang disposisyon ng isang anticristo, kaya nanganganib kang sumunod sa landas ng isang anticristo. Kapag nagkaroon ka ng katayuan, impluwensiya, at kapital, ilang sandali lang ay magiging isa ka nang anticristo, at iyan ay isang katunayan. Ano ang layunin Ko sa pagsasabi nito? Sinasabi Ko ito para magbabala sa inyo at sabihin sa inyo ang isang katunayan: Sa sandaling magsimulang sumunod ang isang tao sa landas ng isang anticristo, may dalawang posibilidad. Ang isa ay matutuklasan mo ito nang nasa oras, magbabago ka ng direksiyon, pagninilayan mo ang sarili mo, magsisisi ka, at magagawa mong magpasakop sa mga pamamatnugot at pagsasaayos ng Diyos. Ito ang pinakamagandang posibilidad, at magkakaroon ka ng pag-asang maligtas. Gayumpaman, kung hindi mo masusundan ang landas ng paghahangad sa katotohanan, sa sandaling makagawa ka ng maraming kasamaan at ilarawan ka bilang isang anticristo, nakakatakot isipin ang mga kahihinatnan. Naiintindihan ba ninyo? (Oo.) Mabuting naiintindihan ninyo. Ano ba ang ibig sabihin Ko rito? Ang ibig sabihin Ko ay, kung mayroon kang mga pagpapamalas ng anticristo, may puwang ka pa para kumilos at pagkakataon para magsisi, pero sa sandaling maging isa ka nang anticristo, nanganganib ka na. Samakatwid, kapag natuklasan mong may mga pagpapamalas ka ng isang anticristo, dapat ay magbago ka na ng landas, hanapin mo ang katotohanan at lutasin mo ang

problemang ito; huwag mong maliitin ang usaping ito. Kung hindi, kapag nagkaroon ka ng kapangyarihan at mga pagkakataon, walang pakundangan kang gagawa ng masasamang gawa at magdudulot ka ng mga pagkagambala at kaguluhan sa gawain ng iglesia. Hindi mo magagawang tiisin ang mga kahihinatnan, at malamang na malamang ay maaapektuhan nito ang kalalabasan mo at ang hantungan mo.

Malinaw nating ipinaliwanag ngayon ang pagkakaiba ng diwa sa pagitan ng buktot na disposisyon ng mga anticristo at ng buktot na disposisyon ng mga ordinaryong tao. Nauunawaan na ba ninyo ngayon? Ang mga tiwaling tao ay pawang nagtataglay ng isang buktot na disposisyon, at lahat sila ay may mga pagpapakita at pagpapamalas ng isang buktot na disposisyon. Gayunman, magkaiba ang buktot na disposisyon ng mga ordinaryong tao at ang buktot na disposisyon ng mga anticristo. Bagama't may buktot na disposisyon ang mga ordinaryong tao, sa puso nila ay inaasam nila ang katotohanan at minamahal ang katotohanan, at sa proseso ng kanilang pananalig sa Diyos at paggampan sa kanilang mga tungkulin, nagagawa nilang tanggapin ang katotohanan. Bagama't limitado ang katotohanang kaya nilang isagawa, kaya pa rin nilang isagawa ang ilan, kaya maaaring unti-unting madalisay at totoong mabago ang mga tiwaling disposisyon nila, at sa huli ay nagagawa naman nilang sa pangkalahatan ay magpasakop sa Diyos at makamit ang kaligtasan. Sa kabilang banda, hindi man lang minamahal ng mga anticristo ang katotohanan, hindi nila kailanman tinatanggap ang katotohanan, at hindi nila ito kailanman isinasagawa. Dapat ninyong subukang mag-oberba at kumilatis ayon sa sinasabi Ko rito; ito man ay isang lider ng iglesia o manggagawa, o isang ordinaryong kapatid, tingnan ninyo kung kaya ba niyang isagawa ang mga katotohanan sa loob ng saklaw ng kung ano ang kaya niyang maunawaan. Halimbawa, sabihin nating nauunawaan ng isang tao ang isang katotohanang prinsipyo, pero kapag oras na ng pagsasagawa rito, ito ay hindi man lang niya isinasagawa, at ginagawa niya ang anumang gusto niya at kumikilos siya nang walang pakundangan—kabuktutan ito at mahirap iligtas ang gayong tao. Ang ilang tao ay hindi talaga nauunawaan ang katotohanan, pero sa puso nila ay gusto nilang hanapin kung ano ba mismo ang dapat gawin na nakaayon sa mga layunin ng Diyos at naaayon sa katotohanan. Sa kaibuturan ng puso nila, ayaw nilang sumalungat sa katotohanan. Dahil lamang sa hindi nila nauunawaan ang katotohanan kaya sila nagsasalita at kumikilos nang labag sa mga prinsipyo, nagkakamali, at gumagawa pa nga ng mga bagay na nagdudulot ng mga pagkagambala at pagkakagulo—ano ang kalikasan nito? Ang kalikasan nito ay hindi tungkol sa paggawa ng masama; ito ay nangyayari dahil sa kahangalan at kamangmangan. Ginagawa nila ang mga ito dahil lamang sa hindi nila nauunawaan ang katotohanan, dahil hindi nila nagagawang kamtin ang mga katotohanang prinsipyo, at dahil, ayon sa kanilang mga kuru-kuro at imahinasyon, iniisip nilang tamang gawin ang gayong mga bagay, kaya kumikilos sila sa ganoong paraan, kung kaya't inilalarawan sila ng Diyos bilang hangal at mangmang, walang kakayahan; hindi dahil sa nauunawaan nila ang katotohanan at sinasadya nilang sumalungat dito. Pagdating naman sa mga lider at manggagawa na palaging gumagawa

ng mga bagay-bagay nang ayon sa kanilang mga kuru-kuro at imahinasyon at madalas na ginagambala ang gawain ng sambahayan ng Diyos dahil hindi nila nauunawaan ang katotohanan, dapat ninyong isagawa ang pagpapatupad ng pangangasiwa at mga paghihigpit, at isagawa ang mas maraming pagbabahaginan sa katotohanan para lutasin ang mga problema. Kung sobrang walang kakayahan ang isang tao at hindi niya maunawaan ang mga katotohanang prinsipyo, panahon na para tanggalin siya bilang isang huwad na lider. Kung nauunawaan niya ang katotohanan pero sinasadya niyang sumalungat sa katotohanan, dapat siyang pungusan. Kung patuloy niyang hindi magawang tanggapin ang katotohanan sa buong panahong iyon at hindi siya nagpapahayag ng pagsisisi, dapat na siyang ituring bilang isang masamang tao, at dapat siyang paalisin. Gayumpaman, mas malala ang kalikasan ng mga anticristo kaysa sa masasamang tao o mga huwad na lider, dahil sinasadyang guluhin ng mga anticristo ang gawain ng iglesia. Kahit pa nauunawaan nila ang katotohanan, hindi nila ito isinasagawa, wala silang pinakikinggan, at kung makinig man sila, hindi nila tinatanggap ang naririnig nila. Kahit na sa labas ay mukhang tinatanggap nila ito, nilalabanan nila ito sa kaibuturan ng puso nila, at kapag oras na para kumilos, kumikilos pa rin sila nang ayon sa kagustuhan nila nang walang anumang pagsasaalang-alang man lang sa mga interes ng sambahayan ng Diyos. Kapag kasama sila ng ibang tao, nagsasalita sila ng ilang salita ng tao at may kaunti silang wangis ng tao, pero kapag kumikilos sila nang hindi nakikita ng mga tao, lumilitaw ang malademonyong kalikasan nila—ito ang mga anticristo. Kapag nagkakamit sila ng katayuan, gumagawa ang ilang tao ng lahat ng klase ng kasamaan at nagiging mga anticristo sila. Walang katayuan ang ilang tao, pero ang kanilang kalikasang diwa ay katulad ng sa mga anticristo—masasabi mo bang mabubuti silang tao? Sa sandaling magkamit sila ng katayuan, ginagawa nila ang lahat ng klase ng kasamaan—mga anticristo sila.

Mayroon ba sa inyo na nalaman ninyo mismo na kayo ay isang lumalaking anticristo at nararamdaman ninyong kapag nagkamit kayo ng katayuan, garantisadong isandaang porsiyento na kayo ay magiging isang anticristo? Kung ganoon, kapag pinili ka ng iba na maging isang lider, huwag na huwag mo silang hahayaang piliin ka at dapat mong sabihin, “Tumututol ako. Pakiusap, huwag ninyo akong piliin. Kung gagawin ninyo iyon, katapusan ko na.” Ito ay tinatawag na pagkakaroon ng kamalayan sa sarili. Proteksiyon mo ang hindi pagkakaroon ng katayuan. Bilang isang ordinaryong tagasunod, maaaring hindi ka kailanman magkaroon ng pagkakataong makagawa ng matinding kasamaan, at maaaring wala kang tsansang maparusahan. Gayumpaman, sa sandaling magkamit ka ng katayuan, ang tsansang makagawa ka ng kasamaan ay isandaang porsiyento, na katulad din ng tsansang ikaw ay maparusahan, at kung magkagayon ay katapusan mo na, at labis mong masisira ang anumang pagkakataong mayroon ka sana para makamit ang kaligtasan. Kung may mga ambisyon at pagnanais ka, dapat ay magmadali kang manalangin sa Diyos, hanapin mo ang katotohanan upang lutasin ang problema, umasa ka sa Diyos at isagawa mo ang pagpipigil sa sarili, at huwag mong igiit ang katayuan

mo, at kung magkagayon ay magagawa mong gampanan nang normal ang tungkulin mo. Kung pagtutuunan mo palagi ang mga opisyal na titulo at igigiit mo ang katayuan mo, at hindi mo pagtutuunan ang paggampan sa iyong tungkulin, isa kang mandaraya at dapat kang itiwag. Kapag tumanggap ka ng isang tungkulin, huwag mong pagtuunan ang katayuan; gampanan mo lang dapat nang maayos ang tungkulin mo—mas tunay ang pangangasiwa nang maayos sa mga bagay-bagay kaysa anumang iba pa. Kung magagampanan mo nang maayos ang tungkulin mo, hindi ba't mapalulugod mo ang Diyos? Pagdating sa inyo, ito ang huling paraan na makakaiwas kayo sa paggawa ng masama. Mabuti o masamang bagay ba ang palagi kayong limitahan at huwag kayong pabayaang magkamit ng katayuan? (Ito ay isang mabuting bagay.) Kung gayon, bakit masyado pa ring nagsisikap ang ilan na makipagkompetensiya para sa katayuan tuwing eleksiyon? Masyadong maraming ambisyon ang gayong mga tao. Hindi normal para sa mga tao na magkaroon ng masyadong maraming ambisyon—pagiging buktot nila ito. Maraming batang sister, lahat ay nasa mga bente anyos, na gustong magkaroon ng opisyal na posisyon at gustong-gusto ang katayuan. Kapag hindi sila napili para maging mga lider, nagtatampo sila at hindi kumakain. Bagama't para silang mga bata, pagdating sa kanilang determinasyon, magiging masyadong seryoso ang mga bagay-bagay habang tumatanda sila, at magiging mga eksperto sila, tama? Naririnig ng ilang babae na noong unang panahon ay may isang babae na naging emperatris at masyado silang naiinggit, hinihiling nila na sana ay puwede silang maging ang babaeng iyon. Ayaw nilang maging ordinaryo, at sa kanilang pananalig sa Diyos ay ayaw nilang maging mga ordinaryong tagasunod lamang. Patuloy na nag-aalab ang pagnanais nila sa kanilang puso, at sa sandaling dumating ang tsansang makapagpakitang-gilas sila, sinusunggaban nila ito agad. Ayaw nilang gampanan ang mga tungkulin nila sa praktikal na paraan, gampanan ang mga responsabilidad nila, ilaan ang puso nila sa paghahangad sa katotohanan, o magpasakop sa mga pamamatnugot at pagsasaayos ng Diyos. Ayaw nilang hangarin ang katotohanan at gawin ang mga tungkulin nila sa ganitong paraan, at ayaw nilang mamuhay ng gayon kapayak na buhay—nakaliligalig ito para sa kanila. Mayroon bang ganito sa inyo? Halimbawa, may isang babae na gustong makipagrelasyon kung kani-kanino; gaano man kabuti ang asawa niya sa kanya o gaano man karami ang pera nito, hindi mapanatili ng lalaki ang puso ng babaeng ito. May ilang babae na marami nang anak pero tinatangka pa rin nilang mang-akit ng mga lalaki nang walang pag-iingat, at hindi sila mabantayan ng sinumang lalaki—ito ay pagiging buktot. Saan nagmumula ang buktot na enerhiyang ito? (Nagmumula ito sa loob ng kanilang kalikasan.) At paano lumilitaw ang kalikasan nilang ito? May maruruming espiritu ng nabubuhay sa loob nila, at sila ay mga reinkarnasyon ng maruruming espiritu. Bagama't komplikado ang mga bagay sa espirituwal na mundo, gaano man kakomplikado ang mga ito, basta't nauunawaan ng isang tao ang katotohanan at kaya niyang tingnan ang mga bagay na ito nang ayon sa mga salita ng Diyos, puwede siyang magkaroon ng pagkilatis, at kilala ito bilang direktang pagpasok sa espirituwal na mundo. Kapag nauunawaan mo ang

katotohanan, puwede mong makilatis nang matalas at tumpak ang mga bagay-bagay, nagiging maliksi at malinaw din ang pag-iisip mo, at umaaliwalas ang puso mo. Kung hindi mo nauunawaan ang katotohanan, magiging palaging magulo ang puso mo, hindi mo malalaman sa puso mo ang anumang ginagawa mo, at magiging gaya ka ng isang tangang tao, na takot bumaling kahit saan. Matatakot ka na nagpapakitang-gilas ka kung gagawa ka ng higit pa, at matatakot ka na hindi mo tinutupad ang mga responsabilidad mo kung hindi mo ito gagawin; palagi kang nasa ganoong kalagayan. Ito ay dahil sa masyadong kakaunti ang pagkaunawa mo sa katotohanan. Ano ang unang pagpapamalas ng isang taong masyadong kakaunti ang pagkaunawa sa katotohanan? Namumuhay siya ng isang masama at walang kuwentang buhay. Pagkatapos paglaruan, apihin, at pinahirapan ng mga anticristo, sa araw na mamulat siya, napagtatanto niya kung paanong nakisama siya dati sa mga anticristo, naglilingkod at gumagawa para sa kanila, pero sinasabi pa rin na nagmamahal at tapat ang mga anticristo sa Diyos. Ngayon lang niya nakikita na ginamit niya nang mali ang lahat ng salitang ito. Hindi ba't napakawalang-kuwenta nito? (Oo.) Bakit ito walang kuwenta? Dulot ito ng hindi niya pagkaunawa sa katotohanan at nararapat ito sa kanya! Kung nauunawaan mo ang katotohanan, magkakaroon ka ng pagkilatis sa mga anticristo at mahahalata mo sila, at pagkatapos ay mailalantad at mapatatsik mo sila. Patuloy ka pa rin ba nilang maililigaw at susunod sa kanila kapag nagkagayon? Siguradong hindi na. Bukod pa rito, nakinig ka sa napakaraming sermon, diniligan ka ng sambahayan ng Diyos at nilinang ka sa loob ng napakaraming taon, kaya kung hindi mo nauunawaan ang anumang katotohanan, kung hindi mo makilatis ang mga anticristo at ni hindi mo tinutupad ang mga responsabilidad na dapat mong tuparin, at sa huli ay nakikisama ka sa mga anticristo at nagiging kasabwat nila, hindi ba't ginagawa ka niyong walang kuwenta? Hindi ba't nakakaawa ang mga ganitong tao? Kung sumusunod ka sa Diyos sa panlabas pero naililigaw at nahihila ka ng mga anticristo, kung sinusundan mo ang landas ng isang anticristo sa loob ng ilang taon, at gusto mong bumalik pero wala kang lakas ng loob para harapin ang mga kapatid, hindi ba't iyon ay isang walang kuwentang paraan ng pamumuhay? Gaano ka man kalungkot, wala itong silbi. Kaninong kasalanan ba na hindi mo nauunawaan ang katotohanan? Wala kang ibang puwedeng sisihin kundi ang sarili mo.

Sa kabuuan ay pitong iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo ang pinagbahaginan natin. Pagdating naman sa mga detalyadong pagpapamalas na pinag-usapan natin tungkol sa bawat isang iyon, sa diwang hinimay natin, pati na rin sa iba't ibang sitwasyong tinalakay natin, wala sa mga ito ang gawa-gawa lamang, kundi may basehan at batay sa mga katunayan. Gayunman, may isang punto: Kung pagkatapos ninyong makinig sa mga ito ay sadyang hindi ninyo mailapat ang mga ito kapag nahaharap kayo sa mga tunay na bagay, ano ang ipinapakita nito? Una sa lahat, ipinapakita nito na wala kayong espirituwal na pang-unawa, at kahit pa minsan ay mayroon kayong kaunting espirituwal na pang-unawa, ito ay magiging bahagyang pang-unawa lamang, hindi ganap na espirituwal na

pang-unawa; pangalawa, ipinapakita nito na hindi ninyo minamahal at sineseryoso ang katotohanan; ikatlo, ipinapakita nito na masyado kayong kulang sa kakayahan at ganap kayong walang kakayahang makaarok. Marami na Akong nasabi na naglalantad sa mga anticristo, pero wala kayong naunawaang kahit ano rito. Maaaring isipin mong nauunawaan mo ito noon, pero kalaunan ito ay nagiging malabo, at ipinapakita nito na hindi mo pa rin ito nauunawaan. Bakit hindi mo ito nauunawaan? May kinalaman ba ito sa pagkaarok? Kapag ipinaliwanag Ko na ang mga bagay-bagay sa antas na ito at hindi mo pa rin ito nauunawaan, ibig sabihin ay sobrang wala kang kakayahang makaarok at hindi ka talaga nagtataglay ng anumang kakayahan na maarok ang katotohanan. Tumpak ba ang sinasabi Ko? Ganito iyon. May ilang tao sa inyo na 10 o 20 taon nang nakikinig sa mga sermon pero hindi pa rin ninyo nauunawaan ang katotohanan. Paano natin ito maipaliliwanag? May dalawa lamang posibilidad: Ang isa ay iyong wala kayong espirituwal na pang-unawa, wala kayong kakayahan, at wala kayong abilidad na maunawaan ang katotohanan; ang isa pa ay iyong, kahit na mayroon kayong espirituwal na pang-unawa, hindi ninyo minamahal ang katotohanan at hindi kayo interesado sa katotohanan. Kung mayroon kayo ng isa sa dalawang posibilidad na ito, wala kayong kakayahang maunawaan ang katotohanan. Kung mayroon kayo ng parehong posibilidad na ito, para kang isang bulag na tao na may problema sa mata—wala nang lunas. Ibinahagi Ko na ang lahat ng salitang ito, pero hindi pa rin ninyo angkop na maikumpara ang mga sarili ninyo, at hindi ninyo alam kung ano ang ibig Kong sabihin. Ano ang sinasabi niyon tungkol sa kakayahan ninyong makaarok? Hindi ba't walang-wala ito? Kung kayo ay mas tamad, nag-iimbot ng kaginhawahan, walang pagmamahal para sa katotohanan, may mga personal na gusto, at nagagambala ng mga panlabas na usapin, ang mga salitang ito ay unti-unting magiging walang epekto sa inyo, at labis na mababawasan ang epekto ng mga ito—ganito iyon. Ang totoo, napakadaling makilatis ang mga anticristo. Ang isang aspekto ay ang linawin ang mga pamamaraang ginagamit nila sa paggawa ng mga bagay, habang ang isa pang aspekto ay ang tingnan kung ano ang disposisyon nila, kung ano ang direksiyon nila sa buhay at ang mga pananaw nila sa pag-iral, kung ano ang mga saloobin nila sa mga kapatid, sa tungkulin, sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, sa Diyos, sa katotohanan, at sa mga positibong bagay, at kung ano ang mga prinsipyo ng pagkilos nila. Sa paggamit sa mga aspektong ito, magagawa ninyong ilarawan sila. Kakailanganin pa rin bang pagmasdan at pag-aralan sila nang mas matagal? Hindi na. Hindi lamang nakikipagrelasyon kung kani-kanino ang mga anticristo, o nang-aapi ng mga tao. Mayroon silang isang satanikong kalikasan at kaya nilang gawin ang anumang bagay. Kung pagkatapos mong makinig sa mga sermong ito ay hindi mo talaga magawang kilatisin ang disposisyon ng isang anticristo at hindi mo masabi na ang ipinapakita nila ay disposisyon ng isang anticristo, may naunawaan ka bang kahit na ano? Natatandaan mo ang doktrina, pero hindi mo matutumbasan ito ng kahit na ano, at kapag nahaharap ka sa mga katunayan ay mahina at walang bisa ang doktrina mo, at pinatutunayan nito na hindi ka pa nakauunawa. Kung

nauunawaan mo ito noon at kalaunan ay nagdasal-nagbasa ka nang kaunti, kung madalas kang nakikipagbahaginan tungkol dito kasama ng mga kapatid, kung tinatandaan at pinagbubulayan mo ang mga katotohanang ito, at madalas kang nananalangin sa harap ng Diyos, mas marami kang matatamo. Gayumpaman, kung ikaw ay nag-iimbot ng kaginhawahan sa iyong tungkulin, nagpapakatamad, walang pasanin, may mga personal na kagustuhan, makapritso, hindi talaga nagmamahal sa katotohanan, sumusunod sa mga makamundong kalakaran, at naaakit ng mga panlabas na usapin, kung gayon, hindi mo magagawang gampanan nang maayos ang tungkulin mo. Sa huli, ang mga katotohanang ito na pinagbahaginan natin ay mawawalan ng saysay sa iyo, ang matitira lamang ay mga salita at doktrina, at mangangahulugan iyon na mawawalang saysay ang pakikinig mo. Pagkatapos ba nito ay nakikinig ba kayong muli sa mga pagbabahaging ito? (Oo.) Ilang beses ninyo kayang makinig sa mga ito? May iba't ibang epekto ba ang mga ito sa bawat pagkakataon na nakikinig kayo sa mga ito? Pagkatapos ba ay pinagbubulay-bulayan ninyo ang mga ito? Ano ang impresyon ninyo pagkatapos ninyong pagbulayan ang mga ito? Pagdating sa iyo, puwede bang maging mga prinsipyo ng pagsasagawa at pamantayan ang mga sermong ito para makilatis mo ang mga tao at bagay sa buhay mo? (Kaya kong ikumpara sa sarili ko mismo ang ilang halatang disposisyon at pagpapamalas ng mga anticristo, ibig sabihin, ang mga bagay na sinasabi at ginagawa ko na malinaw na may pakay na mabitag ang puso ng iba, at iisipin ko ang mga naglalantad na salita ng Diyos, at malalaman ko na ang kalikasan ng aking mga kilos ay ang bitagin ang puso ng iba at na may gusto akong makamit na layon. Gayunman, kulang pa rin ako pagdating sa pagkilatis sa mga tao, at hindi ko sinasadyang ikumpara sa mga salita ng Diyos ang mga tao sa palibot ko.) Sabihin mo sa Akin, kung gusto mong makita nang malinaw ang sarili mo, gumagamit ka ba ng salamin o ng maputik na tubig? (Salamin.) Ano ang pakinabang ng pagtingin sa salamin? Puwede mong makita nang mas malinaw ang sarili mo. Samakatwid, napakalimitado kung kaya mo lang kilatisin ang sarili mo; kailangan mo ring matutuhan na kilatisin ang iba. Ang pagkilatis sa iba ay hindi para sadyaing ilarawan sila bilang mga anticristo, kundi para magkaroon ng mga prinsipyo sa pagsukat at pagkilatis sa pananalita at mga kilos ng iba't ibang klase ng mga tao. Kapaki-pakinabang ito sa isang tao mismo, at sa paggawa nito ay matatrato rin ng isang tao nang tama ayon sa mga prinsipyo ang mga tao, na kapaki-pakinabang sa pagkakamit ng pagtutulongan na magkakasundo kapag ginagampanan ng isang tao ang kanyang tungkulin kasama ng iba. Gayumpaman, mga limitadong resulta lang ang makamit ng isang tao kapag umaasa lamang ito sa pagkilala sa sarili. Hindi puwedeng tumuon ka lamang sa pagkilala sa sarili mo kapag naghahangad sa katotohanan. Kailangan mo ring tumuon sa pagsasagawa sa katotohanan para makamit ang epekto ng pagpapasakop sa Diyos. Sa pagtuon lamang sa isang aspekto, hindi ka kailanman magkakamit ng ganap na pagkaunawa sa katotohanan o papasok sa katotohanang realidad, ni hindi ka lalago sa buhay. Katulad na katulad lang din ito ng pagkaunawa lamang sa mga salita at doktrina,

at hindi mo magagawang makilala ang Diyos. Ang mga talagang nauunawaan ang katotohanan ay makikilatis ang lahat ng bagay. Bukod sa kilala nila ang sarili nila, kaya rin nilang makilatis ang iba, at kaya nilang makilatis ang lahat ng klase ng tao, pangyayari, at bagay. Sa ganitong paraan lamang magagampanan ng isang tao ang kanyang tungkulin nang ayon sa pamantayan at na puwede siyang gamitin ng Diyos.

Sa pagbabahaginan ngayon sa mga pagpapamalas ng buktot na disposisyon ng mga anticristo, anong mas malalim at mas bagong pang-unawa ang naabot ninyo pagdating sa buktot na disposisyon? Magbahagi kayo tungkol dito. (Diyos ko, ang bagay na pinakapumukaw sa akin ngayon ay ang sinabi ng Diyos na kung aakto tayo gaya ng mga anticristo at sadya nating hahadlangan at guguluhin ang gawain ng sambahayan ng Diyos, tayo ay mga buhay na diyablo. Nagsalita ang Diyos tungkol sa ilang tao na hindi makatiis na may ibang mas magaling kaysa sa kanila, at pinagnilayan ko ang aking sarili at napagtanto ko na mayroon akong matinding mapagkompetensiyang espiritu, at kapag nakikita kong mas maraming kalakasan kaysa sa akin ang isang taong kasama ko sa paggampan ng aking tungkulin, naaasiwa ako, at gusto ko laging higitan siya. Nararamdaman ko na ang kalagayan ko ay gaya ng sa mga buhay na diyablong inilantad ng Diyos, at nakikita ko na ang kalikasan ng bagay na ito ay mas malala pa sa inaakala ko, at natatakot ako rito. Hindi ko ito kailanman naunawaan nang napakalalim, at ngayong nakikita ko na kung gaano kalala ang tiwaling disposisyon kong ito, talagang nababagabag ako.) Nabatid mo na ito ngayon. Ang mga tiwaling disposisyon ng mga tao ay hindi kasingsimple ng isang pansamantalang paghahayag; may pangunahing sanhi at mga bagay ito na pinahihirapan kang maiwaksi ang mga ito, palagi kang kinokontrol, nagdudulot na magpakita ka ng sobrang katiwalian, na hindi mo magawang kontrolin ang sarili mo. Hindi maipaliwanag ng mga tao kung bakit sila ganito, at hindi nila ito makontrol—ito ang mga disposisyon ng mga tao. Ang malinaw na maunawaan ng isang tao ang ganitong uri ng tiwaling disposisyon ay isang aspekto ng pagsulong. Pagdating sa ganitong uri ng tiwaling disposisyon, kung kaya mong hanapin ang katotohanan at makilatis ang diwa nito, kung kaya mong tanggapin ang paghatol, mga pagsubok, at pagpipino ng Diyos, kung sa paggawa mo ay kaya mong makamit ang isang kalagayan kung saan naisasagawa mo ang katotohanan at talagang nagpapasakop ka sa Diyos, kung magkagayon ay puwedeng magbago ang tiwaling disposisyon na ito—ito ay pagsisimula mong isagawa ang katotohanan batay sa pagkaunawa sa katotohanan. Napakahirap ngayon para sa karamihan sa inyo na pigilan ang inyong sarili kapag nagpapakita kayo ng inyong mga tiwaling disposisyon, at ibig sabihin nito ay hindi pa kayo nagsisimulang isagawa ang katotohanan; ang kaunting ginagawa ninyo sa paggampan ng inyong tungkulin ay kadalasang batay sa inyong personal na interes, kagustuhan, at maging kapusukan, at wala itong ganoong kaugnayan sa pagbabago ng disposisyon, tama? (Tama.) Napakahusay, napupukaw na kayo. Sino pa ang gustong magsalita? (Pagkatapos makinig sa pagbabahagi ng Diyos ngayon, sobra akong napukaw. Inakala ko noon na ang ibig sabihin ng kabuktutan ay pagsasalita nang mapanlinlang, hindi

pagsasalita nang deretsahan at palaging pagkukunwari at panlilinlang ng iba. Ang pakikinig sa Diyos na nagbibigay ng paghihimay ngayon sa kung ano ba ang isang buktot na disposisyon, gayumpaman, alam ko na ngayon na ang ibig sabihin ng kabuktutan ay paglaban at pagtutol sa katotohanan at sa mga positibong bagay, at na kung ang isang tao ay tumututol at lumalaban sa katotohanan at sa mga positibong bagay, iyon ay ang kanyang buktot na disposisyon. Dati ay may ganoon akong mababaw na pagkaunawa sa buktot na disposisyon, pero ngayong narinig ko na ang pagbabahagi ng Diyos, mayroon na akong bagong pagkaunawa. Bukod dito, ang sobrang yumanig sa akin ay ang pagsasabi ng Diyos na ang Pangkat ng mga Gumagawa ng Pelikula sa Canada ay ilalagay sa grupong B sa loob ng isang taon. Talagang nagulat ako nang marinig ko ito, at mula sa pangangasiwa ng Diyos sa usaping ito ay nakikita ko ang matuwid na disposisyon ng Diyos. Nakikita kong wala ni isang tao sa grupong iyon ang nagsasagawa sa katotohanan at nagdulot ito ng napakatitinding hadlang sa gawain ng sambahayan ng Diyos, at talagang ginagalit ako nito. Kamakailan lang ay nasa parehong kalagayan din ang mga tao sa grupo namin, na ibig sabihin ay walang pasanin para sa aming tungkulin. Nang mas gumaan ang gawain namin kaysa dati, hindi kami nagplano nang malinaw para sa tungkulin namin at naging makupad kami sa aming tungkulin, pinalilipas na lang ang mga araw. Sa pakikinig sa pagbabahagi ng Diyos ngayon, nakikita ko na kung hindi isinasagawa ng isang tao ang katotohanan o hinahangad ang pag-usad sa kanyang tungkulin, at kung hindi seryoso ang isang tao sa katotohanan, kinasusuklanan ng Diyos ang ganitong uri ng saloobin sa paggampan ng isang tao sa kanyang tungkulin. Nabatid ko rin na kailangan nating pahalagahan ang oras at ang pagkakataong gampanan ang ating tungkulin. Kung hindi natin pinahahalagahan ang ating tungkulin, kapag ang oras na hinihintay tayo ng Diyos at ang mga pagkakataong ibinibigay ng Diyos sa atin ay nasayang na, mapopoot ang Diyos sa mga tao, at masyado nang huli para manghinayang.) Mukhang kailangan pa ninyong sumailalim sa presyur, tama? (Oo.) Mabuti. Totoong problema ito, at kapag nagtitipon kayo ay kailangan ninyong pagbahaginan kung paano lutasin ang problemang ito. Dapat kayong magbahaginan nang regular at makagawa ng buod at makabuo ng isang bagong plano. Bawat tao ay may misyon sa buhay na ito, kasama na Ako, at kung hindi sila nabubuhay para sa kanilang misyon, walang halaga ang pamumuhay nila sa buhay na ito. Kung walang halaga sa pamumuhay mo sa buhay, ang buhay mo ay walang halaga. Bakit Ko sinasabing walang kabuluhan ito? Mamumuhay ka bilang isang naglalakad na bangkay; hindi ka magiging karapat-dapat na mabuhay. Kung hindi mo tutuparin ang mga responsabilidad mo at hindi isasagawa ang misyon mo, hindi ka nararapat na tamasahin ang lahat ng bagay na ibinibigay sa iyo ng Diyos. Ano ang ibig sabihin nito? Nangangahulugan ito na kayang alisin ng Diyos ang lahat ng bagay sa iyo anumang sandali. Kayang magbigay ng Diyos, at kaya ring mag-alis ng Diyos—ganoon iyon. Sa katunayan, ang lahat ng naririto ay may misyon, lahat kayo ay magkakaiba lang ang gampaning gagampanan. Ang mga walang pananampalataya ay may isang misyon din.

Ang misyon nila ay ang guluhin ang mundong ito at guluhin ang lipunan, para mamuhay ang mga tao nang mas may pasakit at mamatay sila sa gitna ng mga sakuna. Ang misyon ninyo ay ang makipagtulungan sa gawain ng Diyos, ipalaganap ang ebanghelyo at bagong gawain ng Diyos, at kasabay nito ay mauunawaan ninyo ang katotohanan at magkakamit kayo ng kaligtasan—ito ang pinakamasayang bagay. Wala sa kasaysayan ng tao ang mas masaya o mas mapalad pa kaysa rito. Walang mas mahalaga kaysa rito; ito ang pinakadakilang bagay sa buhay, at ito ang pinakadakilang bagay sa kasaysayan ng tao. Sa sandaling iwaksi mo ang misyon mo at tanggalin ang iyong tungkulin at mga responsabilidad, ang buhay mo ay magiging walang halaga, at magiging walang kahulugan sa iyo ang pamumuhay mo. Maaaring hindi ka pa patay at maipamumuhay mo sa mundong ito ang nalalabing buhay mo, pero ang pamumuhay mo ay magiging walang kahulugan o halaga para sa iyo. Sabihin nating may isang taong hindi pa kailanman narinig ang katotohanan o ang daan ng Diyos, at may isang taong minsang nalaman kung ano ang plano ng pamamahala ng Diyos at naunawaan ang daan ng Diyos, pero sa huli ay hindi nakamit ang katotohanan o buhay, sabihin ninyo sa Akin, sa pamumuhay ng dalawang taong ito sa mundo, pareho ba ang mararamdaman nila sa kaibuturan ng puso nila? (Hindi.) Hindi alam ng mga walang pananampalataya ang misyon nila; wala silang nadaramang misyon. Alam mo kung saan galing ang misyon mo, alam mo na ang Diyos ang Lumikha, ang May Kataas-taasang Kapangyarihan sa lahat ng bagay, alam mong galing sa Diyos ang mga tao at dapat na bumalik sa Kanya—dahil alam mo ang lahat ng ito, kaya mo pa rin bang mabuhay nang payapa sa mundong ito? Kaya mo pa rin bang iraos nang maalwan ang buhay? Hindi, hindi mo na kaya. Dahil ibinigay sa iyo ng Diyos ang misyong ito, dapat ay pasanin mo ang responsabilidad sa pangangaral ng ebanghelyo, magpatotoo ka sa iba tungkol sa Diyos, tuparin mo ang lahat ng responsabilidad na dapat tuparin ng tao, ilaan mo ang katotohanang nauunawaan mo at ang patotoo mong batay sa karanasan para makinabang ang lahat, at pagkatapos ay mapalulugod ang Diyos. Ang totoo, ang kaya ng mga tao ay ang mga bagay lang na ito. Basta't ikaw ay makakapagdusa nang kaunti, makakapagbayad ng kaunting halaga, at medyo magbabawas ng pagpapakasasa sa kaginhawahan, makakamit mo ang mga bagay na ito. Sa ganitong paraan, ang kalalabasan mo ay magiging iba sa mga walang pananampalataya, at magkakaroon ka ng natatanging halaga sa mga mata ng Diyos—napakabihira nito! Binibigyan ka ng Diyos ng ganitong pagpapala, at kung hindi mo alam na dapat itong pahalagahan, masyado kang mapaghimagsik. Dahil pinili mo ang landas na ito ng pananalig sa Diyos, huwag ka nang magdalawang-isip pa rito, kundi tumuon ka lang sa pagpapatahimik ng puso mo at gampanan mo nang maayos ang tungkulin mo. Huwag kang manghinayang. Kahit pa hindi mo kayang abutin ngayon ang tayog ni Pedro at hindi mo pa nagampanan ang matutuwid na gawa ni Job, pagsikapan mong magampanan ang tungkulin mo sa isang paraang pasok sa pamantayan. Ano ang ibig sabihin ng “magampanan ang tungkulin mo sa isang paraang pasok sa pamantayan”? Ang ibig sabihin nito ay gampanan mo ang iyong tungkulin nang naaayon sa mga katotohanang

prinsipyo at mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, nang hindi nagiging tuso o nagpapakatamad, nang walang kinikimkim na anumang natatagong mga motibo o ipinagkakait na anuman, kundi nang ginagawa ang lahat ng makakaya mo—kung magkagayon ay magagampanan mo ang tungkulin mo sa isang paraang pasok sa pamantayan. Walang masyadong hinihingi ang Diyos sa mga tao, tama? (Tama.) Madali ba itong makamit? Ito ay isang bagay na nasa saklaw ng pagkatao at dapat na makamit mo ito. May mga tanong pa ba? Kung wala na, puwede na nating tapusin dito ang pagbabahaginang ito sa ngayon.

Hulyo 10, 2019

Ikapitong Aytem: Sila ay Buktot, Lihim na Mapanira, at Mapanlinlang (Ikalawang Bahagi)

Karagdagang Babasahin: Paglutas sa mga Maling Pagkaunawa ng mga Tao tungkol sa Pangangasiwa sa Isang Iglesia sa Canada

May di-pangkaraniwang nangyari noong huling beses na nagtipon tayo. Ano nga iyon? (Tungkol ito sa pangangasiwa sa isang iglesia sa Canada.) Nangyari ito noong nakaraang buwan. Malinaw pa ba ito sa alaala ninyo? (Oo, malinaw pa.) Lubos bang nakaapekto sa damdamin ninyo ang isyung ito? (Oo, nakaapekto nga.) Kapag may mga problemang lumilitaw sa ilang iglesia o sa ilang tao, nagpapasya Ako batay sa mga sitwasyon at pinangangasiwaan Ko ang mga ito ayon sa mga prinsipyo; ganito rin ang kaso nang pinangasiwaan Ko ang isyu ng iglesia sa Canada. Kaya, sabihin ninyo sa Akin, bakit Ko pinangasiwaan ang isyu sa ganoong paraan noong may lumitaw na anticristo sa iglesia sa Canada at iniligaw nito ang mga tao? Ano ang mga opinyon ninyo tungkol dito? Lumilitaw na natakot ang ilang tao sa sitwasyong ito. Bakit kaya sila natakot dito? Sabi ng ilan, “Sobrang higpit naman ng pangangasiwa rito. Seryoso ba talaga ang sitwasyon? Paanong pinangasiwaan ito sa ganoong paraan? Napangasiwaan ba ito nang naaayon sa mga prinsipyo? Hindi ba ito napangasiwaan nang padalos-dalos? Ano kaya ang kalalabasan ng ganitong pangangasiwa? Talaga bang ganoon kaseryoso ang ginawa ng mga taong iyon? Batay sa kung ano ang itinatanong sa mga tao roon, at sa kanilang saloobin, mga pahayag, at sa impormasyong narinig mula sa kanila, parang hindi naman sila dapat pinangasiwaan nang ganoon kabigat, hindi ba?” Ganito mag-isip ang ilang tao. May iba namang nagsasabi, “Marahil may mga katwiran at ideya ang Diyos kung bakit Niya pinangasiwaan ito sa ganoong paraan.” Ano mismong mga ideya iyon? Mayroon bang orihinal na layon o katwiran para pangasiwaan ang isyu sa ganoong paraan? Makatwiran bang pangasiwaan ang mga taong iyon sa ganoong paraan? (Oo.) Sinasabi ninyong lahat na makatwiran ito, kaya ngayong araw ay talakayin natin ang isyu at tingnan kung bakit talagang makatwirang pangasiwaan nang ganoon ang isyu, kung ano ba talaga ang iniisip ninyo tungkol sa isyung ito, kung ano ang epekto nito sa inyo pagkatapos, kung tama ba o mali ang mga ideya ninyo tungkol dito, at kung may anuman bang mali o baluktot sa mga ideya ninyo. Kung lagi kayong nagpipigil, umiiwas magsalita, at hindi nagpapahayag ng sarili ninyo, laging nakakaramdam ng pagkontra, kung gayon ang mga problema ay hindi kailanman malulutas sa pinakamahusay na paraan, kaya dapat magkaroon tayo ng isang pangkalahatang pagkakasundo. Ano ang mga prinsipyo para magkaroon ng pangkalahatang pagkakasundo? Kung hindi ninyo kayang tanggapin itong paghatol na ginawa Ko, at may mga ideya at kuru-kuro kayo tungkol dito, nakakaramdam kayo ng pagtutol dito, at nagkikimkim pa nga ng mga maling pagkaunawa tungkol dito at may lumilitaw na mga tanong o masasamang ideya, ano ang dapat nating gawin? Dapat nating talakayin ang isyung ito. Kung may iba-iba tayong

opinyon, wala tayong pangkalahatang pagkakasundo. Paano tayo magkakaroon ng pangkalahatang pagkakasundo? Puwede bang maghanap ng punto kung saan tayo nagkakasundo habang pinapanatili natin ang mga pagkakaiba? Kung aayusin natin ang mga pagkakaiba sa pamamagitan ng kompromiso, kung magpaparaya Ako nang kaunti, at kayo rin, magiging ayos ba iyon? Maliwanag, hindi ayos iyon. Hindi ito ang paraan para makamit ang pagiging magkaayon. Kaya, kung gusto nating magkaroon ng pangkalahatang pagkakasundo at magkaroon ng pare-parehong pag-unawa at desisyon sa isyung ito, ano ang paraan para gawin iyon? Dapat ninyong hanapin ang katotohanan, pagsikapan ang katotohanan, at pagsikapang maunawaan ang katotohanan, at kailangan Kong ipaliwanag at gawing malinaw sa lahat ang buong kuwento. Walang sinuman ang dapat magkimkim sa kanyang puso ng anumang maling pagkaunawa tungkol dito. Sa ganitong paraan, magkakaroon tayo ng iisang pananaw tungkol sa isyu, at pagkatapos ay tapos na ang usapan. Kung mahaharap Ako sa katulad na isyu sa hinaharap, puwede Ko itong pangasiwaan sa parehong paraan, o baka hindi Ko na pangasiwaan sa ganitong paraan, kundi gagamit Ako ng ibang paraan. Kaya, ano ang dapat ninyong matutuhan mula sa isyung ito? (Dapat naming matutuhan kung paano hanapin ang katotohanan at maunawaan kung bakit pinangasiwaan ng Diyos ang usapin sa ganoong paraan.) Nabanggit ninyo ang dalawang aspekto, napakahusay. May iba pa ba? (Dapat naming hanaping maunawaan ang mga prinsipyo sa mga kilos ng Diyos para maiwasang salungatin ang disposisyon ng Diyos. Isang babala ito para sa amin.) Isa pang aspekto ito.

Para maipaliwanag nang malinaw ang pangangasiwa sa iglesia sa Canada, dapat simulan natin sa umpisa. Ano ang dapat nating simulan? Magsisimula tayo noong umalis ang mga taong ito sa Tsina. Sobrang layo na ba kung babalikan pa ito? Maaaring nakakatawa ito sa inyo, pero sa totoo lang, hindi ito nakakatawang isyu. Isang kaso ba ito ng pag-uangkat sa nangyari dati? Hindi. Kapag narinig ninyo Akong magsalita tungkol sa mga katwiran Ko, malalaman ninyo kung bakit nagsimula Ako roon. Isantabi muna natin kung ang bawat isa ba na pumupunta sa ibang bansa ay may dalang isang atas, isang misyon, at isang responsabilidad—magsisimula tayo sa isang maliit na isyu—nagkataon lang ba na bawat tao ay kayang umalis sa Tsina? (Hindi.) Hindi ito nagkataon lang. Mula sa pagkakaroon mo ng determinasyon at kahandaang umalis sa Tsina para gampanan ang tungkulin mo hanggang sa makarating ka sa ibang bansa, sa buong prosesong ito, bukod sa pakikipagtulungan mo, sabihin mo sa Akin, sino ang nagtatakda kung maayos ka bang makakaalis sa Tsina? (Ang Diyos.) Tama iyan. Hindi ito natutukoy ng kung anong mga koneksiyong panlipunan mayroon ka, at hindi rin ito natutukoy ng kung gaano karami ang pera mo, o kung naayos mo na ba ang lahat ng kailangang dokumento at proseso—lahat ng pumupunta sa ibang bansa ay dapat may parehong pag-unawa at karanasan. Ano ang nararanasan nilang lahat? Ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa kung ang isang tao ay maayos bang makakaalis sa Tsina; wala itong kinalaman sa kung gaano ba kahusay ang taong ito o kung mayroon

ba siyang malaking abilidad. Hindi ito pagpunta mula sa isang probinsiya patungo sa isa pa sa loob ng isang bansa; ito ay pag-alis sa sariling bansa, at nangangailangan ito ng maraming komplikadong dokumento at proseso. Lalo na sa kapanahunan ngayon ng matinding pagsupil at pag-aresto ng malaking pulang dragon sa mga mananampalataya, at mahigpit na pagmamanman sa bawat isa sa kanila, hindi ganoon kadalang asikasuhin ang mga kailangang dokumento at proseso para makaalis sa Tsina. Samakatwid, ang maayos na pagdating ng mga taong ito sa ibang bansa ay lubos na nasa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos at ipinapakita nito ang pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos. Kung sino ba ang makakaalis sa Tsina, kung maayos bang maaasikaso o hindi ang mga kailangang dokumento at proseso, at kung gaano katagal ba bago ito maasikaso, lahat ng ito ay itinakda ng Diyos, at ang kamay ng Diyos ang namamatnugot at nagsasaayos ng lahat ng ito. Hindi magiging tama kung hindi mo ito paniniwalaan, at hindi rin magiging tama kung hindi mo ito kikilalanin—ang mga ito ang katunayan. Ang isyung ito ay natatapos sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng mga tao at ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos. Kung gagawa tayo ng pagtukoy tungkol sa pag-alis mo sa Tsina, sino ang nagbigay-daan na mangyari ito? (Ang Diyos.) Ang Diyos ang gumawa nito. Walang dapat ipagyabang ang mga tao, sa halip dapat nilang pasalamatan ang Diyos. Kaya, ano ang dapat mong gawin? (Magsikap sa pagtupad sa aming tungkulin.) Dapat kang magsikap sa pagtupad sa tungkulin mo at gawin ito nang nakatuon ang isipan. Kung susuriin natin nang malawakan, puwede ba tayong gumawa ng pinal na pagtukoy at sabihin na ang pag-alis mo sa Tsina para gampanan ang tungkulin mo ay bunga ng mga pagsasaayos at paggabay ng Diyos, at hindi ng sarili mong abilidad? (Oo, puwede.) Sabi ng ilan, “Paanong hindi ito bunga ng abilidad ko? Kahit may paggabay ako ng Diyos, kung hindi Niya ako ginabayan, hindi rin naman magiging mahirap ang pag-alis ko sa Tsina dahil isa akong nakapagtapos na mag-aaral na may kalipikasyong TEM8 sa Ingles, at hindi magiging problema ang pagpasa sa TOEFL na pagsusulit.” Napakakaunti lamang ng mga tao na nasa ganitong sitwasyon. Halimbawa, mayayaman ang ilan at makakapangibang-bansa gamit ang investor visa, pero bihira lang ang gayong mga sirkumstansiya. Kaya, nangyayari ba ang pag-alis ng mga taong ito sa Tsina sa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos at nang may pahintulot Niya? Oo, nangyayari nga. Hindi na natin pag-uusapan pa ang mga indibidwal na sitwasyon; pag-uusapan lang natin ang mga makakaalis sa Tsina at pagkatapos ay taos-puso na gagawa sa tungkulin nila. Hindi ito ganap na nagmumula sa sarili nilang mga intensyon. Isang aspekto ng kung bakit umalis ka sa Tsina ay dahil may misyon ka, habang ang isa pang aspekto ay umalis ka sa Tsina dahil sa paggabay ng Diyos. Kung titingnan ang bagay na ito mula sa ganitong punto, ano nga ba ang dahilan ng pag-alis mo sa Tsina? (Ang gampanan ang tungkulin namin.) Gaano man katagal makompleto ang mga proseso sa simula, gaano man ang igugol mo, o paano man pinamumunuan ng Diyos ang bagay na ito sa Kanyang kataas-taasang kapangyarihan, sa anumang kaso, dahil makakaalis ka sa Tsina at magagawa mo ang tungkulin mo sa sambahayan ng Diyos,

masasabi natin nang may katiyakan na may misyon ka sa ibang bansa. May dala kang responsabilidad at mabigat na pasanin, at dapat napakalinaw ng layon mo sa pagpunta sa ibang bansa. Una, hindi ka tumira sa ibang bansa para magsaya sa buhay; ikalawa, hindi ka pumunta sa ibang bansa para maghanap ng ikabubuhay; ikatlo, hindi ka rin pumunta sa ibang bansa para maghanap ng ibang paraan ng pamumuhay; at ikaapat, hindi ka pumunta sa ibang bansa para mamuhay nang maginhawa. Hindi ba't tama ito? Hindi ka pumunta sa ibang bansa para hangarin ang mundo; pumunta ka nang may misyon at may atas ng Diyos na gampanan mo ang tungkulin mo. Kung titingnan ito mula sa ganitong punto, ano ang pinakamahalagang dapat mong unahin sa pagpunta sa ibang bansa? (Ang gawin ang aming tungkulin.) Ang pinakamahalagang dapat mong unahin ay ang pumunta sa sambahayan ng Diyos at hanapin ang lugar mo, at gampanan ang tungkulin mo nang praktikal at nang may mabuting asal ayon sa mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos. Hindi ba't ganoon? (Oo, ganoon nga.) Tama iyan. Bukod pa ryan, hindi ka pumunta sa ibang bansa dahil may nagbanta o dumukot sa iyo—pumunta ka nang kusang-loob. Kahit saang aspekto mo ito tingnan, pumunta ka sa ibang bansa kaya dapat mong gampanan ang tungkulin mo. Tama, hindi ba? Ito ba ay isang napakataas na kahilingan sa mga tao? (Hindi.) Hindi ito napakataas na kahilingan, at hindi rin ito sobra-sobrang kahilingan. Makatwiran ito. Ngayon, batay sa kakasabi Ko lang, paano mo dapat tratuhin ang tungkulin mo at paano mo dapat gampanan ang tungkulin mo para maging karapat-dapat ka sa atas na ibinigay sa iyo ng Diyos? Dapat mo bang pag-isipan ang mga bagay na ito? Ang unang bagay na dapat mong gawin ay ang isipin, “Hindi ako isang ordinaryong tao, may dala na ako ngayong pasanin sa aking balik. Anong pasanin? Ito ay ang atas, ang pasaning ibinigay sa akin ng Diyos. Ginabayan ako ng Diyos para makapunta sa ibang bansa, at dapat kong tuparin ang mga responsabilidad at obligasyong dapat tuparin ng isang nilikha sa pagpapalaganap ng ebanghelyo ng Diyos—ito ang tungkulin ko. Una, dapat kong isipin kung ano ang tungkuling kaya kong gawin, at ikalawa, dapat kong isipin kung paano ko magagawa nang mabuti ang tungkuling iyon para hindi ako mabigong tuparin ang inaasahan sa akin ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos at ng mga pagsasaayos Niya para sa akin.” Hindi ba't dapat ganito ka mag-isip? Sobra ba ang pag-iisip na ito? Kasinungalingan ba ito? Hindi; isang bagay ito na dapat isipin ng isang tao na makatwiran, may pagkatao, at may konsensiya. Kung sinasabi ng ilang tao, “Pagkatapos kong mangibang-bansa, natuklasan kong hindi ito tulad ng inaakala ko at pinagsisisihan ko ito,” anong klaseng mga tao sila? Walang pagkatao ang ganitong mga tao at hindi sila tapat sa pangako. Gayumpaman, karamihan sa mga tao na nangingibang-bansa ay handang ialay ang sarili nila sa pagtupad ng kanilang tungkulin. Sapat na iyon. Ngayon, iugnay natin ito sa usapin ng iglesia sa Canada. Ang mga tao sa iglesia sa Canada ay kasali rin dito. Aksidente bang napunta sila sa Canada? Hindi ito aksidente, hindi ito maiiwasan. Bakit Ko sinasabing hindi ito maiiwasan? Sinasabi Ko ito dahil matagal nang itinakda ng Diyos kung sino-sino ang pupunta sa aling bansa, at ang “hindi maiiwasan” na ito ay

pinamahalaan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos. Kapag pinamamahalaan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos na pupunta ka sa isang bansa, iyon ang mangyayari. Ang mga tao sa iglesia sa Canada ay may misyon din at napunta sila sa ibang bansa ayon sa kataas-taasang kapangyarihan at pagsasaayos ng Diyos. Ginabayan sila ng Diyos patungong Canada, at batay sa kani-kanilang mga talento at propesyonal na kasanayan, at mga kalakasan at iba pa, itinalaga sila ng iglesia sa iba't ibang tungkulin, at hinayaan silang gampanan ang tungkulin nila. Ginampanan nila ang kanilang tungkulin nang medyo matigas mula pa sa simula. Sa “matigas,” hindi Ko ibig sabihin na sila ay pulpol at mabagal, kundi na kahit na pumunta ang karamihan sa kanila para gawin ang tungkulin nila, hindi nila hinahangad ang katotohanan. Bakit Ko sinasabing hindi nila hinahangad ang katotohanan? Kapag nakakaharap sila ng mga isyu, hindi nila hinahanap ang katotohanan, at hindi nila hinahanap ang mga prinsipyo sa mga ikinikilos nila. Minsan, kapag may ilang pagsasaayos para sa kanila o may iniutos sa kanila ang ang Itaas, mapagwalang-bahala sila—ganito ang ugali nila sa pagtupad ng kanilang tungkulin. Nagpatuloy sila sa ganitong pabasta-bastang paraan at ang paggampan nila sa tungkulin nila ay nauwi sa pangit na kalagayan, isang ganap na magulong kalagayan. Walang anumang mabuti sa buhay iglesia o sa buhay pagpasok ng mga taong ito, masama ang epekto ng tungkulin nila, walang realidad sa pakikipagbahaginan nila tungkol sa katotohanan, at wala silang pagkilatis sa mga huwad na lider at mga anticristo maski kaunti—walang mabuti sa kahit anong ginawa nila. Sa paglipas ng panahon, lumitaw ang isang anticristong nagngangalang Yan, at nakipagkaisa sila sa anticristong ito. Ano ang ibig sabihin ng “nakipagkaisa sila”? Ang anticristong ito ay isang lalaking bata pa, 26 na taong gulang, na dalawa at kalahating taon nang nagtatrabaho sa iglesia. Sa panahong iyon, nakaakit si Yan ng maraming sister, mga 10. Nagustuhan niya ang ilan sa kanila, at ang iba ay hindi, at hindi niya pinansin ang mga hindi niya gusto, pero ang lahat ng taong ito ay humanga sa anticristong ito. Dalawa at kalahating taon bago iyon, ang mga tao sa iglesia sa Canada ay hindi pasok sa pamantayan sa pagtupad sa kanilang tungkulin at nasa kalagayan sila ng pagiging walang kabuhay-buhay. Anuman ang gawaing isinaayos para sa kanila ng ang Itaas, tinatrato nila ito nang pabasta-basta at mapagwalang-bahala sila rito, at kinailangan ng matinding pagsusumikap para maisagawa ang gawain. Pagkatapos silang pungusan ng ang Itaas, sila ay nawalan ng sigla, nanlumo, bihira na silang makipag-usap sa ang Itaas, at sobrang nasisiraan din ang loob nila sa gawain. Pagkatapos maging lider ng anticristong si Yan, lumala ang sitwasyon nila araw-araw, at karamihan sa kanila ay iniraos na lang ang mga araw. Bakit sila umabot sa ganitong yugto ng pagraraos na lang ng mga araw? Saan ito may kinalaman? Isang obhetibong dahilan ay puwedeng may kinalaman ito sa mga lider. Wala silang mabubuting lider, wala ni isa sa mga lider nila ang naghahangad sa katotohanan kundi sa halip ay bumubuo ng mga interpersonal na relasyon at nakikilahok sa mga balikong gawain. At ano ang subhetibong dahilan? Ito ay na wala ni isa sa kanila ang naghahangad sa katotohanan. Madali ba para sa isang

grupo ng mga tao na hindi naghahangad sa katotohanan na gawin ang tungkulin nila nang tapat at sa paraang pasok sa pamantayan? (Hindi.) Gayumpaman, madali ba para sa isang grupo ng mga tao na hindi naghahangad sa katotohanan at ng ilang hindi mananampalataya na makilahok sa mga balikong gawain, maging pabasta-basta, at tutulan ang ang Itaas? (Oo.) At madali ba para sa isang grupo ng ganitong mga tao na lumala at maging masama tulad ng mga walang pananampalataya? Napakadali, at ito ang landas na tinatahak nila. Sa ilalim ng pagkukunwaring ginagawa nila ang kanilang tungkulin, kinain nila ang pagkain ng sambahayan ng Diyos, nanirahan sila sa mga tirahang pagmamay-ari ng sambahayan ng Diyos, at sinuportahan sila ng sambahayan ng Diyos. Niloko nila ang sambahayan ng Diyos sa pagkain at inumin pero naghahangad pa rin silang makapasok sa kaharian ng langit at makatanggap ng mga gantimpala— nabuhay sila sa pamamagitan ng panlilinlang sa ganitong paraan. Nang guluhin ng anticristo ang gawain ng iglesia, wala ni isa man sa kanila ang nag-ulat sa ang Itaas ng anumang isyu. Isang babae lang ang nag-ulat ng problema sa isang huwad na lider, at ang resulta nito ay hindi naayos ang usapin. Ang iba ay bulag, at kahit nakita nilang lumitaw sa iglesia ang napakaraming problema, hindi nila ito iniulat. Ang mga pagsasaayos ng gawain sa sambahayan ng Diyos ay malinaw na nagsasaad ng mga prinsipyo para sa pagtatanggal ng mga lider at manggagawa, pero wala ni isa ang nagbigay-pansin sa mga ito, sa halip ay basta na lang nila iniraos ang mga araw kasama ang anticristo na iyon. Sa mga hindi mananampalatayang ito, nasa isang banda ang mahihigit 20 taon nang nananampalataya sa Diyos, at nasa kabilang banda naman ang mga lima o higit pang taon nang nananampalataya, at wala ni isa man sa kanila ang nag-ulat ng mga problemang ito. Pero ano ang mas masahol? Maraming babaeng lider ng pangkat at deputy na lider ng pangkat ang nakipagharutan sa anticristong ito, at nagtunggalian sila para sa atensiyon ng anticristong ito. Kapag ang isang lalaki at isang babae ay nagsisimulang magkaroon ng relasyon, madali itong mapansin ng mga nasa tamang edad at ng matatanda sa isang tingin lang. Ang mga tao ay sensitibong lahat sa usapin ng relasyon sa pagitan ng mga lalaki at babae, at malalaman na nila ang nangyayari sa isang sulyap lang. Pero walang nag-ulat nito, walang tumindig para sawayin o ilantad sila, at walang nakakilatis sa kanila. Mayroon bang kahit sinong umaksiyon at, nang makita na sila ay isang grupong pinamumunuan ng anticristong ito, ay nagsabi sa sarili niya, “Hindi ko kayo kayang sundan. Dapat kong iulat ito sa nakakataas na pamunuan at ipatanggal kayo, o kaya ay magtipon ng ilang kapatid na may pagpapahalaga sa katarungan para patalsikin kayo”? Wala, walang gumawa nito. Walang nag-ulat nito, hanggang sa nabunyag ang bagay na ito. Anong klaseng mga tao sila? Tunay ba silang mananampalataya sa Diyos? Mga naghahangad ba sila ng katotohanan? (Hindi.) Yamang may malaking pangyayaring naganap sa harapan nila at hindi nila ito namalayan, nagampanan ba nang maayos ng mga taong hindi naghahangad sa katotohanan ang tungkulin nila? Ano ang saloobin nila sa kanilang tungkulin? Malinaw na sila ay mga palamunin, na nagpapaka-palamunin araw-araw. Naniniwala sila na madali nilang

mairaraos ang mga bagay sa sambahayan ng Diyos, na walang dapat magsalita kung may mapansing problema, walang dapat magpasama ng loob ninuman, at na kung mapapasama nila ang loob ng “boss,” magiging kakila-kilabot iyon, at magiging masama para sa kanila ang mga kahihinatnan. Kung natatakot kang mapasama ang loob ng mga tao at hindi mo ito pangangahasang gawin, nangangahas ka bang salungatin ang Diyos? Magiging mabuti ba para sa iyo ang mga kahihinatnan kung sasalungatin mo ang Diyos? Paano ka pangangasiwaan ng Diyos? Hindi ba’t magkakaroon ng mga kahihinatnan? (Oo, magkakaroon.) Magkakaroon ng mga kahihinatnan. Siyempre, hindi malaking dahilan ang pagkatakot nilang makapagpasama ng loob ninuman. Ang malaking dahilan ay mga buktot silang tao na walang pagmamahal sa katotohanan. Bukod sa hindi nila hinahangad ang katotohanan, gumawa rin sila ng maraming kahangalan. Hindi naman marami ang mga tao sa iglesia sa Canada, pero marami silang ambisyong wala sa lugar. Maliwanag na walang epekto ang paggampan nila ng kanilang mga tungkulin, pero gusto pa rin nilang palawakin ang saklaw ng kanilang gawain at abala sila sa pagbili ng ari-arian, pero sa huli ay nagbayad lang sila ng deposito sa ari-arian nang wala namang napala. Ngayon, karamihan sa mga taong ito ay inihawalay na. Sabihin mo sa Akin, anong klaseng mga tao sila? Hindi ba’t sila ay isang grupo ng mga hayop at mga walang-hiya? Malinaw na wala silang kuwenta, pero inaksaya nila nang ganito ang mga handog. Walang nagpoprotekta sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, walang may pagpapahalaga sa katarungan—sila ay isang grupo lang ng mga demonyo! Talagang nakakagalit!

Hindi naman marami ang mga tao sa iglesia sa Canada, mga ilang daan lang. Hindi sila masyadong nagsisikap sa tungkulin nila, pabaya sila sa kanilang tungkulin at bumuo sila ng grupo-grupo, na lahat ay iniraraos lang ang mga araw. Hindi ba’t nakakagalit iyon? Hindi sila episyente sa trabaho at wala silang progreso, nagpapakana silang lahat laban sa isa’t isa at hindi sila nakipagtulungan nang matiwasay. Nakilahok ang mga lider sa ilang iba pa sa mga balikong gawain, at walang sinuman ang nakaramdam na kailangang magmadali, walang nagalit, at walang nalungkot tungkol dito. Walang nanalangin tungkol sa bagay na ito, at walang naghanap mula sa ang Itaas o humingi ng tulong mula sa ang Itaas. Walang gumawa nito, at walang umaksiyon para magsabi, “Hindi tama na ginagawa natin ang ating tungkulin sa ganitong paraan. Ang tungkuling ito na ginagawa natin ay atas na ipinagkaloob sa atin ng Diyos, at hindi natin puwedeng biguin ang Diyos!” Hindi sila kinulang sa anuman, sapat ang mga tao nila, sapat ang kagamitan nila. Ano ang wala sa kanila? Ang wala sa kanila ay sinumang mabubuting tao. Walang sinuman ang may pakiramdam ng pasanin para sa gawain ng iglesia, at wala ring makapangalaga sa gawain ng sambahayan ng Diyos, walang tumindig para magsalita, o nakapagbahagi sa katotohanan tungkol sa pagkilatis, para ang lahat ay makatindig at makilatis at malantad ang mga huwad na lider at anticristo; wala ni isa ang gumawa nito. Ito ba ay dahil bulag ang mga walang-hiya na ito at hindi nila nakita ang nangyayari, o dahil ba sila ay walang kakayahan at lito dala ng kanilang katandaan? (Parehong hindi.) Parehong hindi. Kung gayon, ano ang tunay na sitwasyon? Lahat sila

ay kasa-kasama ng anticristo, pinoprotektahan nilang lahat ang isa't isa at binobola ang isa't isa, walang naglalantad ng kahit sino, at lahat sila ay tumatambay lang sa lunggang iyon ng mga demonyo. Inisip ba nila kailanman ang kanilang tungkulin o ang atas ng Diyos? (Hindi.) Gusto lang nilang iraos ang mga bagay-bagay sa ganitong paraan nang hindi nakararamdam ng paninisi sa sarili. Ano ba ang pangyayaring ito, kung saan hindi sila nakararamdam ng paninisi sa sarili? Iyon ay dahil hindi gumagawa sa kanila ang Banal na Espiritu, at sila ay iniwan na ng Diyos. May isa pang paliwanag ng pag-iwan sa kanila ng Diyos, at ito ay, dahil sa saloobin nila sa kanilang tungkulin, sa katotohanan, at sa Diyos, at dahil na rin sa mga iniisip nila, nasuklam na sa kanila ang Diyos at hindi na sila karapat-dapat gumawa ng tungkuling iyon. Kaya walang nakitang pagsasaway o pagdidisiplina sa kanila, walang paggising ng konsensiya nila, at lalong wala silang nakuhang anumang kaliwanagan o pagtanglaw, anumang pagpupungos, paghatol, o pagkastigo. Walang kinalaman sa kanila ang mga bagay na ito, lahat sila ay manhid, at wala silang kaibahan sa mga diyablo. Ilang taon na silang nakikinig ng mga sermon sa sambahayan ng Diyos, at nakapakinig na rin sila ng mga sermon tungkol sa pagkilatis sa mga anticristo at kung paano gampanan ang tungkulin sa paraang pasok sa pamantayan, pero hinanap at tinanggap ba nila ang katotohanan sa panahong iyon? Nakilatis ba nila ang mga anticristo? Nagdebate ba sila tungkol sa iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo? Hindi. Kung talagang ginawa nila iyon, tiyak na may minorya ng tao sana na nakatindig, nakapaglantad, at nakapag-ulat ng anticristo, at hindi sana naging ganoon kalala ang sitwasyon. Isang grupo lang sila ng mga naguguluhan at walang-kuwentang tao! Batay sa aktuwal nilang kalagayan, sa asal nila, at sa paglalarawang ibinigay sa kanila, inilipat Ko sila sa grupong B para sa isang panahon ng pagbubukod at pagninilay. Sobra na ba na pangasiwaan Ko ang bagay na ito sa ganitong paraan? (Hindi.) Hindi, hindang-hindi ito sobra. At kung hindi ito sobra, hindi ba't maituturing ito na ganap na tama? Ginawa ito para bigyan sila ng pagkakataon. Anong pagkakataon? Kung talagang mayroon silang kaunting pagkatao at konsensiya, kung kaya nilang magsisi at magbago ng direksiyon, magkakaroon sila ng pagkakataong makabalik sa iglesia; kung wala man lang silang pagnanais na magsisi, mananatili lang silang nakahiwalay sa natitirang bahagi ng buhay nila, at paaalisin pa sila ng iglesia. Ganito ang sitwasyon. Hindi agad sila pinaalis para mabigyan sila ng pagkakataong magsisi. Maaari nilang sabihin, "Ginawa namin ang masamang bagay na ito, at nagalit Ka at inihiwalay Mo kami. Kaya kahit na wala kaming mga nakamit noon sa paggawa ng tungkulin, tiyak na nagdusa naman kami para dito. Bakit hindi Mo nakikita iyon?" pero sa totoo lang, ang paghiwalay sa kanila ay nagpapakita na ng sapat na pagiging maluwag, at ayon sa kanilang mga ginawa at ugali, dapat sana ay napaalis na sila. Tingnan ninyo ang saloobin nila—nasa napakalaking panganib sila! Kaya, paano dapat pangasiwaan ang bagay na ito? Kailangan Kong hatiin ang Aking pamamaraan sa dalawang yugto: Ang unang yugto ay ang paghiwalay sa kanila, at ang ikalawang yugto ay ang pangasiwaan sila sa paraang sa tingin Ko ay nababagay batay sa sitwasyon nila

sa panahon ng pagkakahiwalay at sa indibidwal nilang kilos, at pagdedesisyon kung papanatilihin ba sila sa iglesia o papaalisin. Hindi ba't pagpapakita ito ng sapat na pagpaparaya sa kanila?

Gumawa ng napakaraming masamang bagay ang mga tao sa iglesia sa Canada at ang pagbukod sa kanila batay sa pag-uugali nila ay nagpakita ng malaking pagpaparaya, kaya bakit may mga tao pa ring may sarili nilang mga pananaw sa kung paano pinangasiwaan ang usapin? Sinasabi ng ilang tao, "Puwedeng tama ang ginawa Mo sa pangangasiwa sa usaping iyon, pero may kaunti pa ring problema. Ang mga tao sa iglesia sa Canada ang may kagagawan nito at napala lang nila ang nararapat sa kanila, pero sa pangangasiwa rito sa ganitong paraan, hindi ba't pinaparusan Mo sila nang matindi para magbigay ng halimbawa sa iba?" Tama ba ang pagkakaintinding ito? (Hindi.) Narinig Kong sinabi ng iba, "Ito ang tamang paraan ng pangangasiwa rito. Kailangan Mo silang parusan nang matindi para magbigay ng halimbawa sa iba, gawin silang babala sa iba, at dapat Kang magpakita ng lakas para mabalaan ang iba." Hindi ba't isa itong bagay na sasabihin ng isang walang pananampalataya? Ganito ang magiging pananaw ng isang walang pananampalataya sa bagay-bagay. Marahil hindi pa ninyo ganap na makilatis ang diwa ng problemang ito, at kaya nakakapagpahayag pa rin kayo ng pananaw ng isang walang pananampalataya. Sa tingin ninyo, hindi ba't medyo nakakadiri na sabihin ito ng isang tao? Kung ganitong mga salita ang gagamitin ninyo para ipaliwanag ang usaping ito, ibig sabihin ay nagsasabi kayo ng mga walang kinalamang bagay, at hindi ganito ang sitwasyon. Kaya, paano mo ilalarawan kung paano Ko pinangasiwaan ang usapin? (Pinangasiwaan Mo ito ayon sa mga prinsipyo.) Tama, pinangasiwaan Ko ito ayon sa mga prinsipyo; praktikal na sabihin ito. May iba pa ba? Hindi ba't sila rin ang may kagagawan nito? (Oo.) At ano ang pinakasimpleng paraan para ilarawan ito? (Nakuha lang nila ang nararapat sa kanila.) Tama, batay sa kung paano sila umasal, nakuha lang nila ang nararapat sa kanila at sila rin ang may kagagawan nito. Kumikilos ang Diyos ayon sa mga katotohanang prinsipyo; nagpapataw Siya ng ganting parusa sa mga tao batay sa asal nila. Bukod pa rito, dapat panagutan ng mga tao ang mga ginawa nila, at kapag gumagawa sila ng mga bagay na mali, dapat silang parusan—nararapat ito. Nagpapataw ng ganting parusa ang Diyos sa mga tao batay sa asal nila; nagpapataw ito ng ganting parusa sa mga tao sa iglesia sa Canada at, kung gagamitin ang kasalukuyang bokabularyo, pinangangasiwaan sila ayon sa mga prinsipyo. Sabihin mo sa Akin, alin sa mga isiniwalat Kong bagay na ito tungkol sa kanila ang hindi katunayan? Alin sa Aking mga pagsusuri at depinisyon ng mga usaping ito, alin sa Aking mga paglalarawan sa mga ito ang hindi katunayan? Mga katunayan ang lahat ng ito. Samakatwid, ipinapataw ang ganting parusa sa kanila ayon sa mga pagpapamalas na ito at batay sa kanilang mga kilos at asal—ano ang mali roon? Kaya, ang pagpapakita ng lakas para mabalaan ang iba, ang pagpaparusa nang matindi sa mga tao para magbigay ng halimbawa sa iba, at ang paggawa sa isa na babala sa iba—ang kalikasan ba ng mga pagkilos na ito ay kapareho ng paraan Ko ng pangangasiwa

sa iglesia sa Canada? (Hindi.) Kung gayon, bakit kailangang parusahan nang matindi ang mga tao para magbigay ng halimbawa sa iba? Ano ang kalikasan nito? Ang pagpaparusa nang matindi sa mga tao para magbigay ng halimbawa sa iba, ang pagpapakita ng lakas para mabalaan ang iba, at ang paggawa sa isa na babala sa iba—ang kalikasan ng tatlong pagkilos na ito ay halos pareho lang. Ano ang kalikasang iyon? Iyon ay ang pagkilos ng isang pinuno o makapangyarihang tao na gumagawa ng isang bagay sa isang partikular na sitwasyong pinaniniwalaan niyang kailangan para maitatag ang kanyang awtoridad at ginagamit ito para manakot ng iba. Ito ay tinatawag na pagpaparusa nang matindi sa mga tao para magbigay ng halimbawa sa iba. Ano ba ang layunin niya sa paggawa nito? Ito ay para magawa ang iba na sundin siya, katakutan siya, at hindi maglakas-loob sa kanya, para hindi sila gumawa ng anumang kapusukan sa harap niya, at hindi gumawa ng anumang gusto nila sa harap niya. Naaayon ba sa mga prinsipyo ang paggawa niya nito? (Hindi.) Bakit mo sinasabing hindi ito naaayon sa mga prinsipyo? May sariling motibasyon sa pagkilos ang isang pinuno, at ang motibasyon niya ay para patibayin ang kanyang pamamahala at protektahan ang kanyang kapangyarihan. Gugustuhin niyang palakihin ang usapin, at ito ang magiging kalikasan ng pagkilos niya. Nakabatay sa mga katotohanang prinsipyo ang usapin ng pangangasiwa sa iglesia sa Canada, at hindi sa mga pilosopiyang sataniko ng mga walang pananampalataya. Iniligaw ng anticristo ang mga tao, ginambala at ginulo niya ang gawain ng iglesia, nawala sa ayos ang iglesia dahil sa kanya, at ipinagtanggol pa nga siya ng karamihan ng tao—talagang kasuklam-suklam ang kalikasan ng mga kilos ng mga taong ito! Iniraraos lang nila nang ganito ang bagay-bagay, mas mabuti pang umalis na lang sila sa iglesia at mamuhay na lang ng sarili nilang buhay. Sa gayon, kahit papaano ay hindi masasayang ang mga yaman ng sambahayan ng Diyos, at magiging mabuti sana iyon. Pero ginawa ba nila iyon? Walang ganitong kamalayan ang konsensiya nila, at sinayang nila ang mga pinansiyal at materyal na yaman ng sambahayan ng Diyos, hindi sila nagsikap sa paggawa ng tungkulin nila, at nakipagsabwatan sila sa anticristo at gumawa ng kasamaan kasama ng anticristo—ang kalikasan ng mga pagkilos na ito ay napakalubha! Pinangasiwaan sila ng sambahayan ng Diyos sa ganitong paraan para magnilay-nilay at makilala nila ang kanilang sarili, para malaman nila na kailangan nilang magbago ng landas at magsisi, at para ito sa ikabubuti nila. Kung hindi sila pinangasiwaan, baka sa loob ng isang taon mula ngayon ay ipinagkanulo na nilang lahat ang Diyos at bumalik na sila sa makamundong pamumuhay. Sa kabutihang-palad, naihiwalay at napangasiwaan sila sa tamang oras, at napigilan nito ang mas marami pang tao sa paggawa ng kasamaan at napigilan nitong magkaroon ng mas malaki pang kawalan ang gawain ng iglesia. Sa paggawa nito, inililigtas ba sila o itinitiwag? (Inililigtas sila.) Ang totoo ay inililigtas sila. Ginawa ito para tulungan sila, para balaan sila, para bigyan sila ng babala, para ipaalam sa kanila na hindi tama na kumilos sila nang ganoon, na kung magpapatuloy sila nang ganoon ay masasadlak sila sa perdisyon at mamamatay, at mawawala ang anumang pag-asang makamtan nila ang kaligtasan. Kung mauunawaan nila ang puntong ito, may

pag-asa pa sila. Kung hindi man lang nila maarok ang puntong ito, at patuloy pa rin silang nasisiraan ng loob, lumalala, at nalulugmok sa kawalan ng pag-asa, sinasalungat ang ang Itaas at naglalabas ng mga kuru-kuro nila nang may negatibong lagay ng loob, magkakaproblema sila. Ano ang gusto ninyong mangyari sa kanila? (Na magsisi sila.) Lahat kayo ay gustong mapabuti sila at magsisi. At ano naman ang gusto Ko para sa kanila? Gusto Ko bang hindi sila magsisi, na puwede Ko silang alisin lahat, na mas magiging maayos ang iglesia kung wala ang mga taong ito? Ito ba ang gusto Ko? (Hindi.) Hindi, hindi ito ang gusto Ko. Gusto Kong mapabuti sila at magsisi, na pagkatapos nilang magsisi ay babalik sila sa sambahayan ng Diyos, at na hindi na nila gagampanan ang tungkulin nila tulad ng dati. Paano nga ba ang talatang iyon? “Talikdan ng bawat isa ang kanyang masamang gawi, at ang karahasan na nasa kanilang mga kamay” (Jonas 3:8). Para sa kanila, kung makakamit nila ang ganitong epekto, ito ay magiging isang alaala na hindi kailanman mabubura habang sila ay nabubuhay at isang pambihirang karanasan para sa kanila, ito ay magiging isang kamangha-manghang pangyayari. Nakasalalay ito sa kung ano ang hinahangad nila sa kanilang sarili.

Nang mapangasiwaan na ang usapin tungkol sa anticristo sa iglesia sa Canada, may ilang taong nag-isip, “Maraming taon nang ginagawa ng mga taong ito ang tungkulin nila, pero dahil may lumitaw na anticristo at nagdulot ng kaguluhan, ibinukod sila.” Nakaramdam sila ng isang uri ng krisis, inisip na, “O, ito ang unang pagkakataong nakita kong nagalit ang Diyos at isinumpa ang mga tao. Hindi nakaligtas pati ang mga kasamahan, kasabwat, at tagasunod ng anticristo. Talagang walang konsiderasyon ang Diyos sa nararamdaman ng sinuman! Karaniwan, madalas sinasabi na ang Diyos ay nagmamahal at naaawa sa tao, pero ang galit Niya sa pagkakataong ito ay talagang hindi matitiis!” Nagsisimula silang makaramdam ng pagkabalisa sa mga puso nila. Sabihin ninyo sa Akin, tama bang mag-isip nang ganito ang mga tao? (Hindi.) Bakit hindi? Paano dapat harapin ng mga tao ang usaping ito? Ilang taon na ba kayong nakikinig ng mga sermon? Hindi ba’t hindi na bababa sa limang taon? At hindi ba’t dapat ay magkaroon tayo ng pagkakasunduan sa maraming usapin, lalo na sa ilang bagay kung saan medyo malinaw ang mga prinsipyo? (Oo.) Ano ang ibig sabihin ng “pagkakasunduan”? Ito ay nangangahulugan ng isang uri ng hindi nahahayag na pagkakaunawaan. May ginagawa Akong bagay nang hindi Ko sinasabi sa inyo ang dahilan, at alam na alam ninyo kung bakit, kaya ninyo itong maintindihan, tanggapin, at arukin mula sa positibong perspektiba—ito ang ibig sabihin ng magkaroon ng hindi nahahayag na pagkakaunawaan. Paano nga ba nabubuo ang hindi nahahayag na pagkakaunawaang ito? Sabihin nating nakinig na kayo ng maraming sermon, nagkaroon na kayo ng isang antas ng pagkaunawa sa katotohanan, at mas nakilala na natin ang isa’t isa. Ipinaliwanag Ko na sa inyo ang maraming bagay, at sinabi Ko na sa inyo ang Aking mga pananaw, ang Aking mga ideya, ang Aking mga prinsipyo sa pagkilos, pati na rin ang mga bagay na kailangan ninyong maunawaan at magawa. Sinabi Ko na sa inyo ang lahat ng bagay na ito at kung ano ang Aking mga pananaw, at tinanggap na ninyo ang

mga pananaw Ko, at hinarap ninyo ang bagay-bagay, ang inyong tungkulin, pananalig, buhay, at pakikitungo sa ibang tao nang ayon sa Aking mga pananaw. Hindi ba't kung magkagayon ay lumaki na nang lumaki ang hindi nahahayag na pagkakaunawaan natin? (Oo.) Kung gayon, umabot na ba tayo sa ganitong uri ng hindi nahahayag na pagkakaunawaan pagdating sa pangangasiwa sa iglesia sa Canada? Kung hindi Ko ipinaliwanag ang usapin tulad ng ginagawa Ko ngayon, ano na ang antas na naabot ng ating hindi nahahayag na pagkakaunawaan? "Ang pagpaparusa nang matindi sa mga tao para magbigay ng halimbawa sa iba," at "paggawa sa mga tao na babala sa iba"—ito ba ang ating hindi nahahayag na pagkakaunawaan? (Hindi.) Ang mga taong ito ay nakinig na ng mga sermon sa loob ng maraming taon, kaya bakit sila nagkaroon ng ganitong reaksiyon sa ginawa Kong pagkilos? Sabihin mo sa Akin, ano ang naramdaman Ko nang marinig Kong sinabi nila ang gayong mga pananaw? Naramdaman Kong kalunos-lunos ito, na makakapagsabi ng ganitong mga bagay ang mga tao! Itatanong Ko sa iyo, dapat bang makaramdam Ako nang ganoon? (Oo.) Bakit mo sinasabi iyan? Ito ay dahil ang ganitong uri ng pahayag, ganitong uri ng perspektiba, ganitong uri ng pagkaunawa, at ganitong uri ng pagkaarok ay hindi dapat umiral o lumitaw. Ngayon, lumitaw sila at malayo na sa Aking mga ekspektasyon. Sobrang layo nila sa Aking pagtatasa at mga ekspektasyon na nakakaramdam Ako ng kahihiyan sa bagay na ito! May taong magsasabi, "Ganoon ba iyon kaseryoso? Hindi ba't pinalalaki Mo lang ang isang maliit na bagay?" Hayaan ninyo Akong sabihin sa inyo, hindi ito isang napakalaking bagay, pero hindi rin ito maliit na usapin. Mula nang magsimula kang manampalataya sa Diyos, nang kilalanin mo na ang Diyos ang Diyos mo at Panginoon mo, nang gusto mong kumain at uminom ng mga salita ng Diyos, sumunod sa Diyos, tanggapin ang Kanyang mga pamamatnugot at mga pagsasaayos, at magpasakop sa lahat ng hinihingi ng Diyos sa iyo, mula sa araw na iyon, bumuo ka na ng isang ugnayan sa Diyos. Kapag nabuo mo na ang ugnayang ito, may isang pinakamahalagang problemang umiiral sa pagitan mo at ng Diyos. Ano ang problemang iyon? Ito ay kung hindi mo matanggap ang mga bagay na ginagawa ng Diyos at ang paraan ng pagkilos Niya, kung hindi mo maunawaan ang mga bagay na ito, at kung hindi ka makapagkusang hanapin at arukin ang mga ito, palaging nasa kalagayan ng krisis ang ugnayan mo sa Diyos sa bawat sandali. At ano ang ibig sabihin ng kalagayang ito ng krisis? Kahit gaano pa karaming salita ng Diyos ang iyong kainin at inumin, kahit paano mo pa planuhing magpasakop sa Diyos, hangga't umiiral ang ganitong kalagayan ng krisis kahit isang araw lang, ang katunayan ng kagustuhan mong sumunod sa Diyos at ang hangarin mong tanggapin ang pagliligtas ng Diyos ay puwedeng masira, ay maaaring hindi maipagtanggol, at maging isa na lang pantasya. Bakit Ko sinasabi ito? Hangga't hindi normal ang ugnayan mo sa Diyos at hangga't umiiral ang ganitong kalagayan ng krisis, magagawa mo bang mapanatili ang isang normal na ugnayan sa Diyos? Kung gayon, anong uri ng ugnayan ang magkakaroon ka sa Diyos? Ito ba ay isang relasyon na pagiging magkaayon? Isang ugnayan parang sa pamilya, o isang ugnayan ng magkatrabaho? Anong klaseng ugnayan nga ba ito?

Hangga't ang ugnayan mo sa Diyos ay nasa kalagayan ng krisis, magagawa mong husgahan at maling maunawaan ang mga gawa at kilos ng Diyos kailanman at saanman, at magagawa mo pa ngang tutulan at tanggihan ang mga ginagawa ng Diyos. Hindi ba't mapapasapanganib ka? Paano nagkakaroon ng ganitong panganib? Nagkakaroon nito dahil hindi mo kilala ang Diyos. Hindi tayo magsasalita mula sa positibong panig, kundi sa negatibong panig. Halimbawa, lagi mong nakikita ang Diyos sa isang partikular na paraan, at iniisip mo na ang Diyos ay isang hari sa lupa, isang pinakamahalagang opisyal, isang kataas-taasang taong may kapangyarihan sa lupa. Sa isipan mo, palagi mong iniisip na ang Diyos ay isang taong nasa ganitong posisyon, kaya batay rito, ano ang magiging perspektiba mo sa mga bagay na ginagawa at sinasabi ng Diyos? Bibigyan Ko kayo ng ilang halimbawa at baka maunawaan ninyo kung anong perspektiba ang tinutukoy Ko. May kasabihan sa mundo: "Ang pagiging malapit sa hari ay kasingmapanganib ng pagsama sa tigre." Kaya, mayroon bang mga taong inilalapat ang kasabihang ito sa ugnayan nila sa Diyos? (Oo.) May mga ganitong tao, at maraming tao ang may ganitong perspektiba tungkol sa Diyos. Nariyan din ang kasabihang nabanggit natin kanina, ang "paggawa sa mga tao na babala sa iba." Hindi ba't ginagawa rin nito ang Diyos na parang isang hari sa lupa o isang taong may impluwensiya at katayuan? (Oo, ganoon nga.) May ganito silang pagkaunawa sa Diyos dahil may ganito silang pagtingin sa Diyos, at ito ay dahil may ganito silang uri ng ugnayan sa Diyos, dahil ganito ang tingin nila sa Kanya, dahil ganito ang pagkakaunawa nila sa Kanyang pagkakakilanlan at katayuan, na itinuturing nila ang Diyos na tulad ng isang taong may katayuan sa mundo—natural lang ito. May isa pang kasabihan na nagsasabing: "Paano ba matitiis ng isang tao ang panghihimasok sa kanyang nasasakupan?" Isa itong paraan para ilarawan ang mga makamundong hari at mga taong may katayuan at impluwensiya. Puwedeng kilala o dati nang nakasalamuha ng ilan sa inyo ang mga ganitong tao, at marahil ay inilalapat din ninyo ang kasabihang ito sa Diyos. Ibig sabihin, kapag may ginagawa o sinasabi ang Diyos, puwedeng iniugnay mo ang mga kasabihang ito sa Kanya at ganito ang tingin mo sa Diyos. Kung ganito ang tingin mo sa Diyos at ganito ang perspektiba mo sa Kanya, ano nga ba ang magiging ugnayan mo sa Diyos? Magiging pagsalungat ito. Kahit gaano mo pa hangaan o katakutan ang diyos sa isipan mo, gaano mo man kayang maging masunurin at gaano mo man kayang magpasailalim sa Kanya, at kahit ano pa ang saloobin mo sa Kanya, mananatiling pagsalungat ang ugnayan mo sa Diyos. Puwedeng iniisip ninyo na sa pagsasalita nang ganito, ang mga sinasabi Ko ay parang medyo abstrakto, pero kung pag-iisipan ninyo ito nang mabuti, hindi ba't nakikita ninyo na ganito nga ang mga bagay? Nang mapangasiwaan Ko na ang usapin tungkol sa anticristo sa iglesia sa Canada, hindi Ko ipinaliwanag nang maingat at detalyado sa inyo ang mga bagay, at hindi Ko sinabi sa inyo ang mga dahilan kung bakit Ko pinangasiwaan ang mga taong iyon, kaya maraming tao ang nag-alala tungkol sa kanilang kinabukasan at tadhana. Saan nagmula ang pag-aalalang ito? Nagmula ito sa maling pagkakaunawa ng mga tao sa Diyos at hindi pagkakilala sa Diyos—ito ang ugat na dahilan! Kung ang pagkaunawa

ninyo sa Diyos ay umaayon sa diwa Niya—halimbawa, kung ang pagkaunawa mo sa pagiging matuwid, awtoridad, at karunungan ng Diyos ay naaayon sa katotohanan—kahit ano pa ang gawin ng Diyos, kahit pa hindi mo nauunawaan ang mga dahilan at hindi mo nauunawaan ang mga layunin ng Diyos, magiging mali ba ang pagkaunawa mo sa Diyos? Hindi, tiyak na hindi. Nang mapangasiwaan Ko na ang usapin sa iglesia sa Canada, may ilang taong nagsabi, “Ginawa ito para gawin silang babala at takutin kami.” Ano bang problema nila? Naaayon ba sa katotohanan ang sinabi nila? Nagpapakita ba ito ng tamang pagkaunawa? (Hindi.) Bakit hindi? Sasabihin Ko sa inyo ang isang napakasimpleng bagay: salungat sa tunay na sitwasyon ang pagkaunawa nila, hindi ganoon ang mga katunayan, at mali ang pagkaintindi nila. Hindi ba’t simpleng bagay lang na sabihin iyon? (Oo.) Kaya bakit kayo nahihirapan na maipaliwanag ang isyung ito? Hindi Ko kailanman naisip iyon, at hindi Ko kailanman ninais na takutin ang sinuman. Patuloy na pinapabuti ng karamihan ng tao ang pagiging epektibo nila sa tungkulin nila sa paglipas ng mga taon, kaya ginagawa ba nila ngayon ang kanilang tungkulin sa isang paraang pasok sa pamantayan? Hindi, hindi pa, pero ang mga taong ito ay nasa proseso na ng pag-abot sa pamantayan sa tungkulin nila, at kung may anumang maliliit na isyu, pinalalampas Ko na lang ito. Sa prosesong ito, puwedeng may mga taong nagdudulot ng kaguluhan, may mga nagpapaliban, o may maliliit na isyung lumilitaw sa ilang tao, pero sa pangkalahatan, maayos sila. Gayumpaman, may isang bagay na hindi ninyo dapat kalimutan: Pumarito kayo para gawin ang tungkulin ninyo. Kahit gaano pa kayo magpakahirap magtrabaho, o gaano man kayo magdusa, o gaano man kayo mapungusan, dapat ninyong pasalamatang ang Diyos. Ibinigay sa inyo ng Diyos ang pagkakataong ito para maranasan ninyo ang iba’t ibang uri ng sitwasyon at magkaroon kayo ng sari-saring personal na karanasan. Isang mabuting bagay ito, at lahat ng ito ay ginagawa para maunawaan ninyo ang katotohanan. Kaya, ano ba ang pinag-aalala ninyo? Laban kanino ba kayo nagbabantay? Hindi na kailangang maging ganoon. Hangarin lang ninyo ang katotohanan nang normal, hanapin mo ang tamang lugar para sa iyo, at gampanan mo nang maayos ang iyong tungkulin at ang gawaing napupunta sa iyo, at sapat na iyon. Hindi masyadong malaki ang hinihinging ito sa inyo.

Mula nang lumitaw ang anticristong iyon sa iglesia sa Canada at magsimulang magdulot ng mga kaguluhan, hanggang sa marating ng mga taong iyon ang kalagayan nila ngayon, gaano katagal Ko silang pinagtimpian? Hindi Ako lubos na walang alam sa mga nangyayari sa kanila, matagal Ko itong pinagtimpian. Gaano Ko sila pinagtimpian? Sa mahabang panahon, hindi sila nakatapos ng mga gawain, wala silang pagsulong sa gawain nila, at wala sa kanila ang nag-asikaso ng mga nararapat nilang asikasuhin; lahat sila ay arbitrario at walang pakundangan, nagpapasasa at walang-pakundangan, at dapat sana ay matagal na silang napakitunguhan. Kung kayo rin ay may kakayahang maging arbitrario, walang pakundangan, at hindi nag-aasikaso ng mga nararapat ninyong asikasuhin, huwag na kayong maghintay na pangasiwaan Ko kayo. Sa halip, kusang-loob na lang kayong umalis; mas magiging marangal pa iyon. Iyon ba ang tamang gawin?

Hindi, hindi rin iyon ang tamang gawin. Huwag ninyong patuloy na isipin ang pag-alis, kailangan ninyong buong-pusong mag-ugat dito at gampanan nang maayos ang tungkulin ninyo. Kaya man ninyo o hindi na gawin nang maayos ang inyong tungkulin, kahit paano man lang ay isapuso ninyo ang inyong ginagawa, at siguraduhing natapos ninyo ang lahat ng inyong gampanin sa huli. Huwag kayong maging isang tumatakas. May ilang taong nagsasabi, “Mahina ang kakayahan ko, hindi ako gaanong nakapag-aral at wala akong talento. May mga depekto sa aking personalidad at palagi akong nahaharap sa mga paghihirap sa tungkulin ko. Ano ang gagawin ko kung hindi ko magawa nang maayos ang tungkulin ko at matanggal ako?” Ano ba ang ikinakatakot mo? Kaya mo bang tapusing mag-isa ang gawaing ito? Ginagampanan mo lang ang isang papel, hindi naman hinihingi na ikaw ang gumampan ng lahat. Gawin mo lang ang mga bagay na dapat mong gawin, sapat na iyon. Hindi ba’t natupad mo na ang mga responsabilidad mo kapag nagkagayon? Napakasimple lang nito; bakit ba laging sobra kang mapaghinala? Natatakot kang malaglagan ng dahon ang ulo mo at mabiyak ito, at inuuna mong isipin ang sarili mong mga plano para sa maaaring mangyari—hindi ba’t wala itong kuwenta? Ano ang ibig sabihin ng “walang kuwenta”? Ibig sabihin nito ay hindi pagsusumikap para sumulong, hindi pagiging handang ibigay ang lahat, kagustuhan na palaging makalibre at magtamasa ng magagandang bagay—mga basura ang ganitong mga tao. May ilang taong napakakitid ng isip. Paano natin mailalarawan ang mga ganitong tao? (Sobrang kitid ng utak nila.) Ang taong sobrang kitid ng utak ay isang taong ubod ng sama, at ang sinumang ubod ng sama ay sinusukat ang pagkatao ng isang maginoo ayon sa sarili niyang ubod ng samang pamantayan at itinuturing niya ang iba bilang kasingmakasarili at kasingkasuklam-suklam niya. Ang mga ganitong tao ay mga inutil, at kahit pa nananampalataya sila sa Diyos, hindi magiging madali para sa kanila na tanggapin ang katotohanan. Ano ang dahilan kung bakit napakaliit ng pananalig ng isang tao? Dahil ito sa hindi niya pagkaunawa sa katotohanan. Kung masyadong kakaunti lang ang mga katotohanang nauunawaan mo at napakababaw ng pagkakaunawa mo sa mga ito, at dahil dito ay hindi mo maunawaan ang bawat gawaing ginagawa ng Diyos, ang lahat ng ginagawa ng Diyos, at ang bawat hinihingi ng Diyos sa iyo, kung hindi mo kayang matamo ang ganitong pagkaunawa, magkakaroon ka ng iba’t ibang uri ng pagdududa, imahinasyon, maling pagkaunawa, at kuru-kuro tungkol sa Diyos. Kung ang puso mo ay puno ng walang iba kundi ganitong mga bagay, magkakaroon ka ba ng tunay na pananalig sa Diyos? Wala kayong tunay na pananalig sa Diyos, kaya palagi kayong hindi mapakali, at nag-aalala na hindi ninyo alam kung kailan kayo matatanggal. Natatakot kayo at iniisip ninyo, “Baka pumarito ang Diyos anumang oras para magsagawa ng isang inspeksiyon.” Huminahon lang kayo. Hangga’t ginagawa ninyo nang maayos ang mga gawaing ipinagkatiwala sa inyo ng sambahayan ng Diyos, kahit pa medyo kulang kayo sa inyong paghahangad sa katotohanan at sa buhay pagpasok, palalampasin Ko na iyon. Pagdating naman sa kung paano ang pagdalo ninyo sa mga pagtitipon, pakikinig sa mga sermon, ang buhay iglesia ninyo, at ang pagkain at pag-inom ninyo ng mga salita ng

Diyos, hindi Ko tututukan ang mga bagay na iyon, at hindi Ko kayo aabalihin pagdating sa inyong gawain. Bakit hindi Ko kayo aabalihin? May ilang dahilan. Una, mas pamilyar kayo kaysa sa Akin pagdating sa iba't ibang kasanayang propesyonal. Sa proseso ng gawain nitong mga nakaraang taon, dapat ay humusay na kayo pagdating sa inyong karanasan o mga kasanayang propesyonal at nakabuo na kayo ng programa para sa gawain ninyo. Maging ito man ay nakasulat o pasalita, dapat ay nakapagbuod na kayo ng ilang alituntunin at regulasyon. Hindi Ko alam kung anong paraan ng paggawa ang ginagamit ninyo, at wala Akong balak guluhin ang inyong mga plano sa paggawa at pamamaraan ng paggawa. Maaari ninyong sundin ang mga sarili ninyong estilo o pattern, o mga alituntunin at regulasyon, at gawin ang trabaho sa paraang madali at maginhawa, na magpaparamdam sa lahat ng kalayaan at kaluwagan, at magdudulot ng mataas na antas ng kahusayan. Ibig sabihin, binibigyan Ko kayo ng buong kalayaan sa inyong gawain. Kahit minsan ay umiikot Ako sa mga iglesia, umiiwas ako, para hindi ninyo Ako makita—sinisikap Kong gawin ang lahat para makaramdam kayo ng kalayaan at paglaya. Bakit Ko ito ginagawa? Wala sa inyo ang masyadong pamilyar sa mga kasanayang propesyonal; kailangan ninyong dahan-dahang matutuhan ito bilang bahagi ng proseso ng pag-aaral. Sa pagkatuto man ng mga kasanayang propesyonal o sa pagpasok sa katotohanan, lahat ng tao ay may kani-kanilang bilis ng pagsulong at antas ng kahusayan. Hindi mo puwedeng pilitin ang mga tao na gawin ang mga bagay na lampas sa kanilang kakayahan. Kailangang dumaan ang mga tao sa isang proseso, makaranas ng kabiguan, mga dagok, o matuto ng ilang aral mula sa mga pagkakamali nila at sa lahat ng larangan ay dahan-dahang magbuod ng isang paraan ng pasulong at magamay ang ilang prinsipyo. Sa ganitong paraan sila susulong. Mayroon kayong sari-sariling estilo ng paggawa at sari-sariling pamamaraan—hindi magiging angkop kung aabalihin Ko pa kayo sa mga usaping ito. Kaya bihira Akong sumali sa mga talakayan tungkol sa mga bagay na ito na may kinalaman sa inyong gawain. Ito ang dahilan na may kaugnayan sa inyo. Mayroon ding pangunahing dahilan na may kinalaman sa Akin. Magiging matapat Ako sa inyo, ang lahat ng kaya ninyong makita at isipin sa mga kasanayang propesyonal man o sining, at lalo na sa katotohanan, sa tingin Ko, ay napakababaw. Makakayanan ba ninyo kung susubukan Kong pilitin kayong makagawa ng mas mabilis na pagsulong? Hindi, hindi ninyo kakayanin. Kung kikilos Ako kasama ninyo ayon sa nais Ko, malalampasan ng mga hinihingi Ko sa inyo ang kasalukuyan ninyong tunay na antas ng mga kasanayang propesyonal at ang tunay na tayog ninyo pagdating sa buhay pagpasok. Ayaw Ko itong gawin, dahil magiging sobrang nakakapagod iyon para sa Akin, at masyado kayong nahihirapan. Pareho tayong malalagay sa isang alanganing sitwasyon, at hindi iyon mabuti; hindi ito ang nais Kong makita. Ito ang mga naiisip Ko tungkol sa bagay na ito, at ganito ang lagay ng bagay-bagay. Dahil sa dalawang dahilan: isang may kaugnayan sa inyo, at isa na may mga iniisip Ako tungkol sa usaping ito, kaya't ganito Ko pinangasiwaan ang bagay-bagay. Ang pangangasiwa nang ganito sa mga bagay ay angkop para sa inyong unti-unting paglago. Pagdating naman sa buhay

pagpasok, mayroon kayong mga aklat ng mga salita ng Diyos, may iba't ibang uri ng pagtitipon at sermon, at mayroon ding mga lider at manggagawang nagdidilig at sumusuporta sa inyo; napakaraming bagay ang puwede ninyong kainin, inumin, at pagkunan ng pagtustos. Ang isa pang aspekto ay na ang proseso ng paglago ng buhay ng mga tao ay tulad ng isang binhing itanim sa lupa, dinidiligan at pinatatabaan, at unti-unting tumutubo at lumalago hanggang sa ito ay magbunga sa wakas. Isa itong napakabagal na proseso. Siyempre, ang mabagal na prosesong pinagdadaanan ninyo ay puwedeng mas mabagal pa kaysa sa paglaki ng isang binhi mula sa pagtubo hanggang sa pamumunga. Bakit ganoon? Maraming praktikal at obhetibong dahilan para dito na nakapaloob sa mga tao. Una, ang mga tao ay may mga tiwaling disposisyon, pero hindi natin pag-uusapan iyon. Isa pa, ang mga tao ay likas na hindi aktibo at madalas nagiging negatibo. Sila ay tamad, at manhid at mabagal pagdating sa katotohanan at mga positibong bagay. Bukod pa rito, hindi mahal ng mga tao ang mga positibong bagay. Kaya naman, kapag sinusubukan ng mga taong pumasok sa katotohanan at makamit ang buhay pagpasok, dumadaan sila sa butas ng karayom, at sila ay sumasalungat sa agos. Para sa mga tao, ang pagsunod sa agos, pag-asa sa iba para makalibre, paghahangad sa sekular na mundo, at pagsunod sa mga kalakaran, ay pagpapaanod sa agos, na madali lang gawin, at mula sa subhetibong perspektiba, talagang gusto ng mga tao na kumilos nang ganito. Gayumpaman, ang paghahangad sa katotohanan, paggawa ng kung ano ang makatarungan, at pagiging mga taong may pagpapahalaga sa katarungan na kayang mag-asikaso ng kanilang nararapat na gampanin, ay napalaking pagsisikap para sa kanila. Kailangan nilang maghimagsik laban sa mga personal nilang ninanasa, sarili nilang damdamin, sarili nilang mga kuru-kuro, at kailangan din nilang maghimagsik laban sa kanilang katamaran at sa iba pang negatibong bagay na gaya niyon. Kapag humaharap sila sa mga tao, kapareha sa gawain, o mga kapaligirang hindi ayon sa inaasahan nila, o kahit kapag nakakarinig sila ng mga salitang nakakasakit ng damdamin o hindi magandang pakinggan, dapat silang umasa sa pagdarasal para mapagtagumpayan ito, kaya't nakakatagpo sila ng matinding paglaban sa landas ng paghahangad sa katotohanan sa kanilang pananampalataya sa Diyos. Kung partikular silang may kapasyahan at napakamasigasig na naghahangad sa katotohanan, makakakita sila ng kaunting pagsulong pagkatapos ng isa o dalawang taon ng karanasan. Kung hindi naman, kung kikilos lang sila ayon sa gusto nila at hahayaan na lang ang mga bagay na mangyari ayon sa natural na proseso, magiging napakabagal ng pagsulong nila. Marahil, pagkatapos ng ilang panahon, makakaranas sila ng isang natatanging pangyayari, isang may pambihirang kabuluhan para sa kanila, at sila ay matututo ng isang aral, mapupungusan, at sa kaibuturan ng kanilang puso ay makakaranas sila ng matinding pasakit at labis silang maaapektuhan, at saka lang sila magkakaroon ng kaunting mabuting pagbabago pagdating sa kanilang buhay pagpasok. Magiging sanhi ba ng pagsulong ang pagbabagong ito? Hindi. Nakasalalay ang pagsulong nila sa kung paano nila hinahanap ang katotohanan sa panahong ito. Kung sila ay mga taong puro palusot

lang ang ginagawa, na nagpapakasasa sa kaginhawahan ng laman, at hindi naman talaga mahal ang katotohanan, ang makukuha lang nila mula sa pangyayaring ito ay isang mababaw na aral, at hindi nila makakamtan ang pagkaunawa sa katotohanan. Ayon sa mabagal na pagsulong na ito ng inyong buhay, pinapanatili Ko ang ganitong distansiya sa pakikisalamuha Ko sa inyo at ginagamit Ko ang ganitong paraan. Sa tingin ninyo, angkop ba ito? (Oo.) Lubos itong kapaki-pakinabang para sa inyo; kahit papaano, nakakaramdam kayo ng ginhawa. Hindi Ko kayo bibigyan ng karagdagang mga pasanin, hindi Ko kayo babantayan at tututukan buong araw, nang hindi hinahayaang magpahinga sa loob ng 24 na oras sa isang araw, at hindi Ko kayo pipiliting magtrabaho nang masigasig at walang kapaguran. Hindi Ako gagamit ng mga artipisyal na paraan para gawin iyon, kundi hahayaan Ko ang mga bagay na mangyari sa inyo ayon sa natural na paraan. Ibig bang sabihin nito ay puwede kayong magpakalunod sa sarili ninyong layaw? (Hindi.) Kung gayon, paano Ako nakakapagdesisyon nang may kumpiyansa na huwag kayong bantayan? Dahil may pagsisiyasat ng Banal na Espiritu. Bukod pa rito, kung ang isang tao ay naghahangad sa katotohanan, may ganitong pangangailangan, at handang hangarin ang katotohanan sa kaibuturan ng kanyang puso, kahit hindi mo siya bantayan, patuloy pa rin niyang hahangarin ang katotohanan—siya ay disenteng taong nag-aasikaso ng mga nararapat niyang gawin. Kung hindi siya disenteng tao, walang silbi kahit bantayan mo pa siya. Kapag binabantayan mo siya, kumikilos lang siya sa isang partikular na paraang pakitang-tao para pabasta-basta kang tratuhin, at kapag hindi mo siya binabantayan nang saglit lang, kumikilos lang siya gaya ng normal niyang ginagawa at bumabalik siya sa kung paano siya dati. Ang paghahangad sa katotohanan ay hindi isang bagay na puwedeng bantayan ng mga tao. Ito ay isang bagay na lubos Kong nauunawaan, kaya naman ginagamit Ko ang paraang ito sa pakikisalamuha at pakikitungo sa inyo. Ganap na naaangkop para sa Akin na gawin ito.

Hindi ba't naipaliwanag na nang malinaw ang usapin tungkol sa iglesia sa Canada? At may naunawaan ba kayong ilang katotohanan mula sa usaping ito? Kung muli kayong mahaharap sa ganitong usapin sa hinaharap, sasabihin pa rin ba ninyo na ito ay isang kaso ng pagpaparusa nang matindi sa mga tao para magbigay ng halimbawa sa iba at paggawa sa kanila na babala sa iba? Bago nangyari ito, pakiramdam mo ay walang sinumang makasisira sa iyong ugnayan sa Diyos at na ikaw ay kaayon na ng Diyos. Pero, nang makaharap mo ang usaping ito, ang katiting na tayog mo ay nabunyag. Anong tayog? Akala mo ay kaya mong magdala ng mabibigat na pasanin at magtiis ng hirap, na ang iyong determinasyon at pananalig ay mas malaki na kaysa dati, at na malapit ka nang maperpekto; ito ang maling pananaw na kinikimkim mo sa puso mo. At ano na ang iniisip mo ngayon? Medyo wala pa sa gulang ang pag-iisip mo! Tingnan mo Ako: ganito ang itsura Ko sa panlabas, nahahawakan Ako at nakikita—ang personalidad Ko ba ay maituturing na bukas at malinaw? Batay sa personalidad Ko, hindi Ako ang tipo ng taong gagawa nang palihim sa likod ninyo kapag may isyu at hindi kayo sasabihan ng anuman, lihim na kumikilos at pinapahulaan sa inyo kung ano ang mga

layunin Ko. Hindi Ako ganoong klaseng tao. Kahit ano pa ang isyung lumitaw, palagi Ko itong ipinapaliwanag nang malinaw sa inyo, gayumpaman, nagagawa pa rin ninyong magbuod ng mga gayong teorya at sabihing, “Ito ang pinakamataas kong pagkaunawa sa Diyos.” Ano sa tingin ninyo ang pagkaunawang ito? Natuto na kayo ng aral ngayon, hindi ba? Masasabi bang ito ang naging pinakamalaking kabiguan sa pag-unawa ninyo sa Diyos? Naririnig ninyo ang mga salitang sinasabi Ko at nakikita ninyo ang Aking anyo, at Ako ay isang taong may laman at dugo na mahahawakan at makikita. Ginawa Ko iyon at wala ni isa man sa inyo ang nakaarok dito, at hindi tayo nagkaroon ng isang pinagkasunduan—wala man lang tayong kahit kaunting hindi nahahayag na pagkakaunawaan. Napakalayo mo sa Diyos! Malayo ka pa sa pagkaunawa sa Diyos! Ito ay mga tunay na salita; ito ang tunay na sitwasyon. Huwag mong isipin na dahil kaya mong gumampan ng kaunting tungkulin, maraming taon ka nang nananampalataya sa Diyos, at kaya mong magsalita tungkol sa ilang doktrina, ay nauunawaan mo na ang Diyos. Sasabihin Ko sa iyo, wala pa sa gulang ang pag-iisip mo! Huwag mong isipin na talagang may alam ka na. Sa totoo lang, malayo ka pa sa pagkaunawa sa Diyos; wala ka pa nga sa bingit ng pagkaunawang ito. Puwedeng mabunyag ang mga tao sa anumang bagay, at may ilang taong nabunyag na ng usaping ito ng pangangasiwa sa iglesia sa Canada. Kailangang patuloy na lumago ang mga tao, at patuloy na maunawaan ang kanilang sarili at ang Diyos sa pamamagitan ng iba’t ibang sitwasyon at pangyayaring ito para matutuhan nila ang mga gawa at disposisyon ng Diyos, maunawaan ang kanilang paghihimagsik, maunawaan kung ano ba talaga ang ugnayan nila sa Diyos, at malinaw na makita kung nasa anong antas na ang kanilang pagkaunawa at kaalaman sa katotohanan at pagkaunawa sa Diyos. Sa pamamagitan ng mga usaping ito, masusukat ang tunay mong tayog at ang tunay mong kalagayan. May natutuhan ba kayong aral sa pagkakataong ito? Sikapin ninyong huwag magkaroon ng ganitong uri ng pagkaunawa sa susunod. Sobrang nakakasakit ito, sobrang hindi ito kapani-paniwala! Sa tingin ninyo, sulit bang gumugol ng napakahabang oras para ipaliwanag ang usaping ito? Hindi na sana dapat kailangan. Bakit Ko sinasabing hindi na sana dapat kailangan? Ayon sa mga salita at doktrina na naarok ninyo, dapat ay nalampasan na ninyo ang pagsagabal ng usaping ito; sa pamamagitan ng pagmumuni-muni ninyo mismo rito at pakikipagbahaginan sa isa’t isa tungkol dito, dapat ay naunawaan na ninyo ito nang medyo dalisay, nang hindi nagiging sobrang tindi ang inyong pagkaunawa. Pero ang kinalabasan, lumitaw ang matitinding pagkaunawa, kaya kinailangan Kong makipagbahaginan tungkol sa ilang partikular na detalye. Hindi ba’t naliwanagan na ngayon ang inyong puso matapos ninyong makinig sa pagbabahaginang ito? Wala na dapat kayong mga iba pang ideya ngayon tungkol sa usaping ito, tama? Kaya, sa tingin ba ninyo ay naging labis ang paraan Ko ng pangangasiwa sa mga taong iyon? (Hindi.) Tapusin na natin dito ang talakayan tungkol sa usaping ito, at sisimulan Ko na ang pagbabahaginan sa pangunahing paksa.

Isang Paghihimay Kung Gaano Kabuktot, Lihim na Mapanira, at Kamapanlinlang ang mga Anticristo

Noong nakaraan, pinagbahaginan natin ang ikapitong pagpapamalas ng mga anticristo—sila ay buktot, lihim na mapanira, at mapanlinlang. Anong aspekto ang pangunahin nating pinagbahaginan? Tinalakay natin kung paanong buktot ang mga anticristo. Bakit natin sinasabing buktot sila? Anong espesyal na mga disposisyon, pagpapamalas, at katangian na nasa loob ng kanilang kalikasang diwa ang puwedeng maglarawan sa kanila bilang buktot, lihim na mapanira, at mapanlinlang? Ano ang mga halatang katangiang nagpapatunay sa pagkakaroon nila ng kabuktutan, at na tumutugma ito sa kanilang tunay na mga kalagayan? Ano ang mga pangunahing katangian ng kanilang kalikasang diwa na nagbibigay sa atin ng dahilan para sabihing buktot ang mga ganitong tao? Pakiusap, ibahagi ang mga naiisip ninyo. (Nauunawaan ng maraming anticristo ang katotohanan, pero tahasan silang sumasalungat dito. Matigas nilang iginigiit na piliing tahakin ang sarili nilang landas kahit na malinaw sa kanila kung ano ang tama. Napapamalas din ang kabuktutan ng mga anticristo sa kanilang walang batayang pagkamapanlaban sa mga tunay na naghahangad sa katotohanan at sa mga positibong indibidwal.) (Ayaw makita ng mga anticristo na maayos ang iba. Kapag isinasayos ng sambahayan ng Diyos na mabigyan ng mga pakinabang ang mga kapatid, gusto ng mga anticristo na sila lang ang magtamasa ng mga pakinabang na ito—ayaw nilang matamasa ng mga kapatid ang mga ito, kaya hindi nila isinasakatuparan ang gawaing ito.) (O Diyos, nag-iwan ng malalim na impresyon sa akin ang pagbabahagi Mo noong nakaraan tungkol sa kung paano ginagamit ng mga anticristo ang Diyos at ang katotohanan bilang kagamitan para magkamit sila ng katayuan, pakiramdam ko ay napakabuktot nito.) Naaalala ng karamihan sa inyo ang ilang bagay, partikular na ang ilang halimbawang ibinigay Ko noong nakikipagbahaginan Ako tungkol sa buktot na diwa ng mga anticristo. Naaalala lang ninyo ang mga halimbawa, pero nakalimutan ninyo ang nilalaman ng Aking pagbabahagi at paghihimay sa buktot na diwa ng mga anticristo. Kung gayon, gaano karaming katotohanan na tinalakay Ko habang nakikipagbahaginan at naghihimay Ako sa buktot na kalikasang diwa ng mga anticristo ang nagagawa ninyong maunawaan? Dahil hindi ninyo maalala ang mga bagay na ito, hindi ba't ipinahihiwatig niyon na hindi ninyo naunawaan ang anuman sa mga ito noong panahong iyon? Kung nag-iwan ng malalim na impresyon sa inyo ang pakikipagbahaginan Ko, hindi ba't magagawa ninyong maalala ang mga iyon sa ilang antas? Hindi ba't ang mga bagay na lumilitaw sa memorya ninyo ang mga nauunawaan ninyo? Hindi ba't ang mga bagay na hindi ninyo maalala ay iyong mga bagay na sobrang nahihirapan kayong maunawaan, o na hindi ninyo talaga maintindihan? Nang marinig ninyo ang mga katotohanang iyon noong oras na iyon, akala ninyo ay tama ang mga iyon, at natandaan ninyo ang mga iyon sa usapin ng mga doktrina, at nangailangan ito ng matinding pagsisikap para magawa ninyo iyon. Gayumpaman, nang matulog na kayo,

nakalimutan na ninyo ang mga iyon. Paglipas ng isang buwan, talagang nawala na ang mga ito sa isipan ninyo. Hindi ba't ganoon ang nangyayari? Para makilatis ang isang usapin o ang diwa ng isang tao, kailangan mong maunawaan ang katotohanan. Kung nakakapit ka pa rin sa mga pananaw ng mga walang pananampalataya, at tinitingnan at isinasaalang-alang mo ang mga bagay batay sa mga pahayag ng mga walang pananampalataya, pinatutunayan nitong hindi mo nauunawaan ang katotohanan. Kung wala kang nakamit mula sa ilang taong pakikinig mo sa mga sermon at pakikipagbahaginan, at kapag nakikipagbahaginan sa iyo ang mga tao tungkol sa katotohanan, hindi mo ito mauunawaan, paano man nila ito ipaliwanag, ipinahihiwatig nito ang kawalan mo ng abilidad na maarok ang katotohanan, tinatawag itong mahinang kakayahan. Hindi ba't ganoon ang nangyayari? (Oo.) Tungkol sa kabuktutan ng mga anticristo, walang nagbanggit sa inyo ng pinakamahalagang pahayag. Bakit hindi ninyo ito nabanggit? Sa isang banda, ito ay dahil matagal-tagal na rin ang lumipas, at nakalimutan na ninyo ito. Sa kabilang banda, ito ay dahil hindi ninyo napagtanto ang kahalagahan ng pahayag na ito; hindi ninyo alam na ang pahayag na ito ay ang pangunahing bagay na nagsisiwalat at naglalantad sa buktot na diwa ng mga anticristo. Ano ang pahayag na ito? Ito ay na pangunahing naipapamalas ang kabuktutan ng mga anticristo sa kanilang pagkamapanlaban at pagkasuklam sa lahat ng positibong bagay at sa lahat ng bagay na may kinalaman sa katotohanan. Bakit mapanlaban at nasusuklam ang mga anticristo sa mga positibong bagay na ito? Napinsala ba sila ng mga positibong bagay na ito? Hindi. Nakanti ba ng mga ito ang mga interes nila? Siguro minsan ay oo, minsan naman ay hindi talaga. Kaya bakit walang batayan na mapanlaban at nasusuklam ang mga anticristo sa mga positibong bagay? (Ito ang kanilang kalikasan.) Mayroon silang ganitong uri ng kalikasan, mapanlaban at nasusuklam sila sa lahat ng positibong bagay at sa katotohanan. Pinatutunayan nito ang buktot na kalikasan ng mga anticristo. Mahalaga ba o hindi ang pahayag na ito? Wala kayong maalalang pahayag na kasinghalaga nito; naaalala lang ninyo ang mga bagay na hindi mahalaga. Bakit Ko kayo tinanong ng gayong mga katanungan? Para magsalita kayo, at para makita Ko kung hanggang saang antas ninyo naaarak ang mga ito, kung gaano karami ang maaalala ninyo sa inyong puso, at kung gaano karami ang nagawa ninyong maunawaan noong oras na iyon. Gaya ng inaasahan, naaalala lang ninyo ang ilang hindi masyadong mahalagang bagay. Tinatrato ninyo ang lahat ng tinalakay Ko bilang walang kabuluhang satsat. Hindi Ako naparito para sumatsat—pumarito Ako para sabihin sa inyo kung paano kumilatis ng mga tao. Ang pahayag na sinabi Ko ang pinakamataas na katotohanang prinsipyo para sa pagkilatis ng buktot na kalikasan ng mga anticristo. Kung hindi ninyo kayang gamitin ang pahayag na ito, hindi ninyo makikilatis o malalaman ang buktot na kalikasan ng mga anticristo. Halimbawa, kapag inilarawan ang isang tao bilang isang anticristo, maaaring sabihin ng ilang tao, “Mabuti siya sa amin, mapagmahal siya, at tinutulungan niya kami. Bakit mo ilalarawan bilang isang anticristo ang gayong mabuting tao?” Hindi nila nauunawaan na kahit na sa

panlabas ay mukhang mapagmahal sa iba ang mga anticristo, ginagambala at ginugulo ng mga ito ang gawain ng Diyos, at sa partikular, kumontra pa nga sa Diyos ang mga ito. Hindi makita ng karamihan ng tao ang lihim na mapanira at ang tusong bahagi na ito ng mga anticristo. Hindi talaga ito makilatis ng mga tao, at mali ang pag-unawa nila sa Diyos, nagkakaroon sila ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos, at kinokondena at inirereklamo nila ang Diyos dahil dito. Talagang mga buhong ang gayong mga tao at hindi nila matatanggap ang pagliligtas ng Diyos. Ito ay dahil nakikita lang nila ang mga paimbabaw na bagay, gaya ng kung paanong ang mga anticristo ay naninilo, nang-aakit, at sumisipsip sa mga tao, at hindi nila napapansin ang buktot na diwa ng mga anticristo, ni hindi nila nakikita ang mga paraan na ginagamit ng mga anticristo para labanan ang Diyos at magtatag ng mga nagsasariling kaharian. Bakit hindi nila makita ang mga bagay na ito? Dahil hindi nila nauunawaan ang katotohanan at hindi nila makilatis ang mga tao. Palagi silang naililigaw ng mga panlabas na pangyayari at hindi nila makilatis ang diwa at mga kahihinatnan ng problema. Palagi rin nilang ginagamit ang mga tradisyonal na kuru-kuro ng moralidad ng tao at ang mga paraan ng mundo para sukatin ang mga tao at tukuyin ang mga ito. Bilang resulta, naililigaw sila ng mga anticristo, kumakampi sila sa mga anticristo, at nagkakaroon ng mga hidwaan at sagupaan sa pagitan nila at ng Diyos. Kaninong kasalanan ito? Paano nangyari ang pagkakamaling ito? Bunga ito ng hindi nila pagkaunawa sa katotohanan, hindi pagkaalam sa gawain ng Diyos, at ng palaging pagtingin sa mga tao at bagay batay sa kanilang mga kuru-kuro at imahinasyon.

II. Isang Paghihimay sa Pagmamahal ng mga Anticristo sa mga Negatibong Bagay

Ngayon, ipagpapatuloy natin ang pagbabahaginan sa ikapitong pagpapamalas ng mga anticristo: Sila ay buktot, lihim na mapanira, at mapanlinlang. Ang pokus ng pagpapamalas na ito ay sa kanilang kabuktutan, dahil sinasaklaw ng kabuktutan kapwa ang pagiging lihim na mapanira at mapanlinlang. Kinakatawan ng kabuktutan ang diwa ng mga anticristo, habang nasa ilalim nito ang pagiging lihim na mapanira at mapanlinlang. Noong nakaraan, pinagbahaginan at inilantad natin ang buktot na diwa ng mga anticristo. Pinagbahaginan natin ang ilang malawak na konsepto at ang ilang medyo nagbibigay-kahulugan na nilalaman, na tumatalakay sa ilang salita tungkol sa paglalandad sa aspektong ito ng diwa ng mga anticristo. Ngayon, ipagpapatuloy natin ang ating pagbabahaginan sa paksang ito. Maaaring magtanong ang ilan, “May mapagbabahaginan bang kahit na ano pagdating sa paksang ito?” Mayroon. May ilang detalye na kailangan pang pagbahaginan dito. Pagbabahaginan natin ngayon ang paksang ito sa ibang paraan at mula sa ibang perspektiba. Ano ang pangunahing katangian at pagpapamalas ng buktot na kalikasan ng mga anticristo na pinagbahaginan natin noong nakaraan? Mapanlaban at nasusuklam sa lahat ng positibong bagay at sa katotohanan ang mga taong gaya ng mga anticristo. Ang pagkamapanlaban at pagkasuklam ng mga anticristo sa katotohanan at sa mga positibong bagay ay hindi

nangangailangan ng katwiran, ni hindi rin ito nangyayari bilang resulta ng panunulsol ng sinuman, at siguradong hindi ito resulta ng pagsapi ng isang masamang espiritu. Sa halip, sadyang likas na ayaw nila sa mga bagay na ito. Mapanlaban at namumuhi sila sa mga ito; sa kanilang buhay at kaibuturan, nasusuklam sila kapag nakakaharap nila ang mga positibong bagay. Kung magpapatotoo ka sa Diyos o makikipagbahaginan tungkol sa katotohanan sa kanila, magkakaroon sila ng pagkamuhi sa iyo, at maaari pa ngang maisipan nilang atakihin ka. Natalakay na natin sa nakaraan nating pagbabahaginan ang aspektong ito ng pagkamapanlaban at pagkasuklam ng mga anticristo sa mga positibong bagay, kaya hindi na natin ito muling tatalakayin sa pagkakataong ito. Sa pagbabahaginanang ito, tatalakayin natin ang isa pang aspekto. Ano ang isa pang aspektong iyon? Mapanlaban at namumuhi ang mga anticristo sa mga positibong bagay, kung gayon, ano ang gusto nila? Ngayon, susuriin at hihimayin natin ang buktot na kalikasan ng mga anticristo mula sa bahagi at perspektibang ito. Kailangan ba ito? (Oo.) Kailangan ito. Mapagtatanto ba ninyo ito nang kayo lang? (Hindi.) Buktot na kalikasan ng mga anticristo ang kanilang pag-ayaw sa mga positibong bagay at sa katotohanan. Kaya, batay rito, isaalang-alang ninyong mabuti kung ano ang gusto ng mga anticristo, at kung anong klaseng mga bagay ang gusto nilang gawin, pati na rin ang paraan at diskarte nila sa paggawa ng mga bagay, at ang uri ng mga taong gusto nila—hindi ba’t isa itong mas magandang perspektiba at bahagi para tingnan ang kanilang buktot na kalikasan? Nagbibigay ito ng mas partikular at obhetibong pananaw. Una, ayaw ng mga anticristo sa mga positibong bagay, na nagpapahiwatig na mapanlaban sila sa mga ito at gusto nila ang mga negatibong bagay. Ano ang ilang halimbawa ng mga negatibong bagay? Mga kasinungalingan at panlalansi—hindi ba’t negatibong bagay ang mga ito? Oo, mga negatibong bagay ang mga kasinungalingan at panlalansi. Kaya, ano ang positibong katapat ng mga kasinungalingan at panlalansi? (Pagkamatapat.) Tama, ito ay pagkamatapat. Gusto ba ni Satanas ng pagkamatapat? (Hindi.) Gusto nito ng panlalansi. Ano ang unang hinihingi ng Diyos sa mga tao? Sinasabi ng Diyos, “Kung gusto mong manampalataya sa Akin at sumunod sa Akin, una sa lahat, dapat maging anong klaseng tao ka?” (Isang matapat na tao.) Kaya, ano ang unang bagay na tinuturo ni Satanas sa mga tao? Ang magsinungaling. Ano ang unang ebidensiya ng buktot na kalikasan ng mga anticristo? (Panlalansi.) Oo, gusto ng mga anticristo ang panlalansi, gusto nila ng mga kasinungalingan, at napopoot at namumuhi sila sa pagkamatapat. Bagama’t positibong bagay ang pagkamatapat, ayaw nila rito, sa halip ay nasusuklam at namumuhi sila rito. Sa kabaligtaran, gusto nila ang panlalansi at mga kasinungalingan. Kung palaging nagsasalita nang totoo ang isang tao sa harap ng mga anticristo, nagsasabi ng, “Gusto mong gumawa mula sa isang posisyon ng katayuan, at tamad ka minsan,” ano ang nararamdaman ng mga anticristo tungkol dito? (Hindi nila ito tinatanggap.) Isa sa mga saloobing taglay nila ang hindi pagtanggap dito, pero iyon lang ba? Ano ang saloobin nila sa taong ito na nagsasalita nang totoo? Nasusuklam sila at ayaw nila sa kanya. Sinasabi ng ilang anticristo sa mga kapatid, “Matagal-tagal ko na

rin kayong pinamumunuan. Sige na, sabihin ninyong lahat ang opinyon ninyo tungkol sa akin.” Iniisip ng lahat, “Dahil napakasinsero mo, sasabihin namin sa iyo ang ilang puna.” Sinasabi ng ilan, “Napakaseryoso at napakamasigasig mo sa lahat ng ginagawa mo, at nagdusa ka ng maraming paghihirap. Hindi namin halos makaya na makita kang gayon, at nababagabag kami para sa iyo. Kailangan ng sambahayan ng Diyos ang mas maraming lider na gaya mo! Kung kinakailangan naming sabihin ang isang pagkukulang mo, iyon ay na masyado kang seryoso at masigasig. Kapag masyado kang mapapagod at mahahapo, hindi ka na makakagawa pa, hindi ba’t magiging katapusan na namin kung gayon? Sino ang mamumuno sa amin?” Kapag naririnig ito ng mga anticristo, nalulugod sila. Alam nilang kasinungalingan ito, na sumisipsip ang mga taong ito sa kanila, pero handa silang makinig sa mga ito. Sa katunayan, tinatrato ng mga taong ito ang mga anticristo na parang mga hangal, pero mas pipiliin ng mga anticristong ito na magpanggap na hangal kaysa ibunyag ang totoong kalikasan ng mga salitang ito. Gusto ng mga anticristo ang mga taong sumisipsip sa kanila nang ganito. Hindi sinasabi ng mga indibidwal na ito ang mga kamalian, tiwaling disposisyon, at pagkukulang ng mga anticristo. Sa halip, lihim nilang pinupuri at itinataas ang mga ito. Kahit na malinaw naman na mga kasinungalingan at pambobola ang mga salita ng mga taong ito, masayang tinatanggap ng mga anticristo ang mga salitang ito, nakakagaan ng loob at nakakalugod ang tingin nila sa mga ito. Para sa mga anticristo, mas masarap ang mga salitang ito kaysa sa pinakamasasarap na espesyal na pagkain. Matapos marinig ang mga salitang ito, nagiging mapagmalaki sila. Ano ang ipinapakita nito? Ipinapakita nito na may isang partikular na disposisyon sa loob ng mga anticristo na gustong-gusto ang mga kasinungalingan. Ipagpalagay na may magsasabi sa kanila, “Masyado kang mayabang, at hindi patas ang trato mo sa mga tao. Mabuti ka sa mga sumusuporta sa iyo, pero kapag may isang taong lumalayo sa iyo o hindi ka binobola, minamaliit at binabalewala mo siya.” Hindi ba’t totoo ang mga salitang ito? (Oo.) Ano ang nararamdaman ng mga anticristo pagkarinig nila rito? Nalulungkot sila. Ayaw nila itong marinig, at hindi nila ito matanggap. Sinusubukan nilang humanap ng mga palusot at maidadahilan para ipaliwanag ang mga bagay at ayusin ang mga bagay. Pagdating naman sa mga palaging nambobola sa mga anticristo nang harapan, na palaging nagsasabi ng mga salitang masarap pakinggan para palihim silang purihin, at malinaw pa ngang nilalansi sila gamit ang mga salita, hindi kailanman iniimbestigahan ng mga anticristo ang mga taong ito. Sa halip, ginagamit pa nga ng mga anticristo ang mga ito bilang mahahalagang tao. Naglalagay pa nga sila ng mga taong napakasinungaling sa mahahalagang posisyon, itinatalaga ang mga ito na gumawa ng mahahalaga at mga respetadong tungkulin, samantalang isinasaayos nila na ang mga palaging nagsasalita nang matapat, at madalas na nag-uulat ng mga isyu, na gumawa ng mga tungkulin sa mga hindi masyadong napapansing posisyon, na humahadlang sa mga ito na magkaroon ng ugnayan sa nakatataas na pamunuan o maging kilala o malapit sa karamihan ng tao. Hindi mahalaga kung gaano kahusay ang talento ng mga taong ito o anong mga tungkulin ang kaya nilang gawin sa sambahayan ng Diyos—binabalewala ng

mga anticristo ang lahat ng iyon. Iniisip lang nila kung sino ang kayang manlansi at sino ang kapaki-pakinabang sa kanila; ito ang mga indibidwal na inilalagay nila sa mahahalagang posisyon, nang hindi isinasaalang-alang kahit kaunti ang mga interes ng sambahayan ng Diyos.

Gusto ng mga anticristo ang panlalansi at mga kasinungalingan. Halimbawa, ipagpalagay na ang mga iglesiang responsabilidad nila ay hindi nagbibigay-pansin sa gawain ng ebanghelyo, at hindi nakatuon sa pagsasanay sa mga tao sa pangangaral ng ebanghelyo, at bilang resulta, hindi maganda ang mga resulta ng gawain ng ebanghelyo, at ilan ang mga nakamit na tao. Gayumpaman, natatakot ang mga anticristo na maaaring iulat ng mga tao ang aktuwal na sitwasyon. Namumuhi sila sa sinumang nagsasalita nang matapat, at gusto nila ang mga nakakapagsinungaling, nakakapanlansi, at nakakapagtago ng mga hindi kapaki-pakinabang na impormasyon. Kung gayon, anong klaseng pagsasalita ang pinakagustong marinig ng mga anticristo? “Kayang magpatotoo ng lahat ng nangangaral ng ebanghelyo sa ating iglesia, at eksperto ang bawat isa sa kanila sa pangangaral ng ebanghelyo.” Hindi ba’t mapanlinlang sa mga tao ang mga salitang ito? Pero nasisiyahan ang mga anticristong marinig ang mga gayong bagay. Paano tumutugon ang mga anticristo pagkatapos itong marinig? Sinasabi nila, “Mabuti, patuloy na bumubuti ang mga resulta ng gawain ng ebanghelyo ng ating iglesia, mas mabuti ito kaysa sa ibang mga iglesia. Bihasa ang lahat ng taong nangangaral ng ebanghelyo sa ating iglesia.” Nagpupurihan ang mga anticristo at ang mga nambobola sa kanila sa ganitong paraan, at hindi inilalantad ng mga anticristo ang kanilang walang kahihiyang pambobola. Gumagawa sa ganitong paraan ang mga anticristo: Kapag nilalansi sila ng mga nasa ilalim nila, handa silang magpaloko. Nakikipaglokohan lang nang ganito ang mga anticristo. Kung may nakakaalam ng tunay na sitwasyon at titindig ito para magsabi, “Hindi ito tumpak. Sa 10 indibidwal na pinangaralan natin ng ebanghelyo, tinukoy natin na dalawa sa kanila ang hindi tumatanggap sa katotohanan, at sinukuan na nila ang pagsisiyasat. Tatlo lang mula sa ibang walo ang tunay na nananampalataya sa Diyos. Gawin natin ang pinakamakakaya natin para mapabalik-loob ang tatlong iyon.” Kapag nalantad na ang realidad ng sitwasyon, ano ang nagiging reaksiyon ng mga anticristo? Iniisip nila, “Hindi ko alam ang tungkol sa mga bagay na iyon!” Kapag may nagsalita nang totoo tungkol sa tunay na sitwasyon ng mga bagay na hindi alam ng mga anticristo, sumasang-ayon ba sila o hindi sa taong iyon, masaya ba sila o hindi? Hindi sila masaya. Bakit hindi sila masaya? Mga lider sila, pero wala silang kamalay-malay at hindi nila naaarok ang mga detayle at mga katunayan tungkol sa gawain ng iglesia—kailangan pa nga nila ang isang taong nakakaunawa sa kung ano talaga ang nangyayari para ipaliwanag sa kanila ang lahat ng ito. Kapag ang isang taong nakakaunawa sa sitwasyon at nagsasalita nang matapat ay nilinaw ang mga usaping ito, ano ang unang nararamdaman ng mga anticristo? Pakiramdam nila ay ganap silang napahiya, at guguhong ang kanilang katanyagan. Batay sa buktot na kalikasan ng mga anticristo, anong gagawin nila? Uusbong ang pagkamuhì sa loob nila, at iisipin nila, “Madaldal ka! Kung

hindi ka nagsalita, napalampas na sana ito nang walang nakakapansin. Dahil sa iyo, alam na ito ng lahat, at baka hangaan ka na nila imbes na ako. Hindi ba't nagmumukha akong walang kakayahan dahil dito, na parang hindi ako gumagawa ng anumang aktuwal na gawain? Tatandaan kita. Sinasabi mo ang katotohanan, hinahamon at sinasalungat mo ako sa bawat pagkakataon. Sisiguraduhin kong pagsisisihan mo ito!" Pag-isipan ninyo ito, paano nila tinitingnan ang mga gumagawa nang may konsensiya, nagsasalita nang matapat, at tapat na ginagawa ang kanilang mga tungkulin? Nakikita nila ang mga ito bilang mga kalaban. Hindi ba't pagbabaluktot ito sa mga katunayan? Bukod sa nabibigo silang makipagtulungan agad at bumawi sa mga pagkakamali sa kanilang gawain, nagpapatuloy rin silang pabayaang ang mga tungkulin nila. Nagkikimkim pa nga sila ng pagkamuhi sa mga nagsasabi ng totoo at sa mga maingat at responsable sa kanilang gawain. Maaari pa nga nilang subukang pahirapan ang mga ito. Hindi ba't ganito ang pag-uugali ng mga anticristo? (Oo.) Anong klaseng disposisyon ito? Kabuktutan ito. Nalalantad sa ganitong paraan ang kabuktutan ng mga anticristo. Tuwing nagpapakita ang isang matapat na tao, tuwing nagsasabi ng mga matapat, totoong salita ang isang tao, at tuwing pinanghahawakan ng isang tao ang mga prinsipyo at nagsisiyasat sa totoong kalikasan ng usapin, nasusuklam at napopoot sa kanya ang mga anticristo, at sumasabog at nabubunyag ang kanilang buktot na kalikasan. Tuwing may panlalansi, at tuwing nasasabi ang mga kasinungalingan, natutuwa ang mga anticristo, nagsasaya sila rito, at nakakalimot sila sa kanilang sarili. May nakabasa na ba sa inyo ng "Ang mga Bagong Kasuotan ng Emperador"? Medyo kapareho nito sa kalikasan ang pag-uugali ng mga anticristo. Sa kuwentong iyon, pumarada nang nakahubad sa kalsada ang emperador, at sumigaw ang libo-libong tao, "Talagang napakaganda ng mga bagong kasuotan ng emperador! Kahanga-hanga ang itsura ng emperador! Napakadakila ng emperador! Talagang mahiwaga ang mga bagong kasuotan ng emperador!" Nagsisinungaling ang lahat. Alam ba ng emperador? Ganap siyang nakahubad, paanong wala siyang kamalay-malay sa katunayan na wala siyang suot na kahit anong damit? Tinatawag itong kahangalan. Kaya, walang karunungan ang mga buktot na anticristong ito, sa kabila ng pagiging lihim na mapanira at pagiging mapanlinlang. Bakit Ko sinasabing wala silang karunungan? Dahil katulad sila ng nakahubad na emperador na iyon. Wala siyang pagkilatis sa mga salita na naglayong lansihin siya. Kaya pa nga niyang lumakad-lakad nang nakahubad, inilalantad ang kapangitan niya. Hindi ba't kahangalan ito? Kaya, ano ang madalas na ibinubunyag ng kabuktutan ng mga anticristo? Ang kanilang kahangalan.

Dahil may buktot na kalikasan ang mga anticristo, dahil gustong-gusto nila ang panlalansi at mga kasinungalingan pero ayaw nila sa pagkamatapat, at dahil nasusuklam sila sa makatotohanang pananalita, kaya, sa mga iglesiang nasa ilalim ng pamumuno ng mga anticristo, madalas na pinahihirapan ang mga taong matapat o naghahangad na maging matapat, ang mga nagsasagawa sa katotohanan at ayaw manlansi o magsinungaling. Hindi ba't ganito ang nangyayari? Habang lalo kang nagsasabi ng totoo, lalo kang pahihirapan ng anticristo, at habang lalo kang nagsasabi ng totoo, lalo

ka nilang aayawan. Sa kabaligtaran, pinapaboran at nagugustuhan ng mga anticristo ang mga nambobola at nanlalansi sa kanila. Hindi ba't buktot ang mga anticristo? May mga nakapalibot ba sa inyong mga gayong buktot na anticristo? Nakaharap na ba ninyo sila? Hindi nila pinapayagan ang mga tao na magsabi ng totoo; pinatitikom ang bibig ng sinumang nagsasabi ng totoo. Kung magagawa mong magsinungaling at umayon sa sinasabi nila, nagiging kasabwat nila, hindi ka na nila magiging kalaban. Kung magpipilit kang magsabi ng totoo at pangasiwaan ang mga bagay ayon sa mga katotohanang prinsipyo, sa malao't madali, pahihirapan ka nila. May napahirapan na ba sa inyo? Dahil lamang sa inilantad mo ang masasamang gawa ng mga huwad na lider at anticristo, pinahirapan ka, at sa huli, pinahirapan ka hanggang sa puntong hindi ka na nangangahas na magsabi ng anumang bagay kahit na gusto mo pa. Nangyari na ba ito? Pinahirapan ka dahil sa pagsasalita mo nang totoo at pag-uulat sa mga isyu. Sa iba't ibang iglesia, may napahirapan na ba sa inyo dahil sa pag-uulat ng mga isyu? Kapag pinupungusan ang isang taong nagsisinungaling at nanlalansi sa iglesia, pinapahirapan ba sila? (Hindi.) Normal itong pagdidisiplina; hindi ito katulad ng pagpapahirap. Nangyayari ito dahil pabaya ka sa iyong responsabilidad, nilalabag mo ang mga prinsipyo, at kumikilos ka nang may mga maling intensyon, nagsisinungaling at nanlalansi ka, na humahantong sa pagkakapungos. Kaya, sa presensiya ng Diyos, hindi ka kailanman magdurusa ng kahit anong kahirinatnan sa pagsasalita nang totoo. Gayumpaman, sa presensiya ni Satanas at ng mga anticristo, dapat kang maging mas maingat. Sinasalamon nito ang kasabihang, "Ang pagiging malapit sa hari ay kasingmapanganib ng pagsama sa tigre." Kapag nakikipag-usap ka sa kanila, kailangan mong palaging isaalang-alang ang lagay ng loob nila, sinusukat ang kanilang kasiyahan at kung hindi ba masaya o masaya ang itsura nila, saka ka magpasya kung ano ang sasabihin mo para maging naaayon ka sa kanilang mga iniisip. Halimbawa, kung sinasabi ng isang anticristo, "Hindi ba't uulan ngayon?" kailangan mong sabihin, "Sinasabi sa ulat panahon na uulan ngayon." Sa realidad, kapag sinabi ng anticristo na maaaring umulan ngayon, ito ay dahil ayaw niyang lumabas at gawin ang kanyang tungkulin. Kung sasabihin mo, "Sinasabi sa ulat panahon na magiging maaraw ngayon," magagalit siya. Kailangan mong sabihin kaagad, "Ay, nagkamali ako. Uulan ngayon." Sasabihin ng anticristo, "Kasasabi mo lang na hindi uulan. Paano mo nasabi ngayon na uulan nga?" Kailangan mong sumagot na, "Hindi ibig sabihin na dahil maaraw ngayon ay magpapatuloy ito hanggang mamaya. Gaya ng sinasabi ng mga sinaunang tao, 'May mga di-inaasahang bagyo ang langit.' Hindi palaging tumpak ang mga ulat panahon, pero tumpak ang paghusga mo!" Kapag narinig ito ng anticristo, nalulugod siya at pupurihin ka sa pagiging may katuturan mo. Umasal na ba kayo nang ganito? Oo, hindi ba? Kaya ba ninyong gawin ang madalas na ginagawa ng mga anticristo, ang hindi pagpayag na magsalita nang totoo ang mga tao at ang pagpapahirap sa sinumang gumagawa niyon? Hindi ba't nakapanood na kayong lahat ng mga drama tungkol sa palasyo? Ano ang relasyon sa pagitan ng emperador at ng kanyang mga ministro sa korte? Maaaring hindi madaling sabihin sa isang pangungusap ang kanilang relasyon,

pero may isang penomeno sa kanila, iyon ay na hindi literal na pinaniniwalaan ng emperador ang mga sinasabi ng kahit sino. Sinusuri at sinisiyasat niya ang lahat ng sinasabi ng kanyang mga ministro, hindi niya ito kailanman tinatanggap bilang ang katotohanan. Ito ang prinsipyo niya sa pakikinig sa sinasabi ng kanyang mga ministro. Para naman sa mga ministro, kailangan nilang maging mga may kasanayan sa pakikinig sa mga hindi sinasabing implikasyon. Halimbawa, kapag sinabi ng emperador, “May sinabi si Prime Minister Wang ngayon,” at ganito at ganoon, nakikinig ang lahat dito at nag-iisip na, “Parang gusto ng emperador na itaas ang ranggo ni Prime Minister Wang, pero ang pinakakinatatakutan niya ay ang bumuo ng mga paksiyon ang mga tao, na maghahangad ng pansariling pakinabang, at maghihimagsik, kaya hindi ko puwedeng lantarang suportahan si Prime Minister Wang. Kailangan gumitna lang ako, hindi sumasalungat ni sumusuporta sa kanya, para hindi makilatis ng emperador ang mga totoo kong intensyon—pero hindi ko rin sinasalungat ang kalooban ng emperador.” Tingnan mo, sa isip nila, kinasasangkutan ng napakaraming kaisipan maging ang isang pahayag lang, na may mga paliko-liko na mas masalimuot pa kaysa sa landas ng isang ahas. Nananatiling mahirap intindihin, malabong-malabo ang pinakakahulugan ng sinasabi nila. Kinakailangan ng ilang taon na naipong karanasan para masuri kung aling mga pahayag ang totoo o huwad, at kailangan mong tuklasin ang kanilang ibig sabihin batay sa kanilang karaniwang ugali at salita. Sa madaling salita, walang kahit isang totoong pahayag sa pananalita nila, at mga kasinungalingan ang lahat ng sinasabi nila. Naglalaman ng sarili nitong paraan ng pagsasalita ang sinasabi ng lahat ng tao, may mababa o mataas na ranggo man ang mga ito. Nagsasalita sila mula sa sarili nilang pananaw, pero ang sinasabi nila ay hindi kailanman ang literal na kahulugan ng naririnig mo—mga kasinungalingan lamang ang mga ito. Paano lumilitaw ang mga kasinungalingan? Dahil may ilang partikular na intensyon, layon, at motibasyon ang mga tao sa kanilang pananalita at mga kilos, kapag nagsasalita sila, maingat sila sa kanilang mga salita at sa mga ipinahihiwatig ng kanilang mga salita, paligoy-ligoy sila, at may sarili silang pamamaraan ng pagsasalita. Kapag nagkaroon sila ng isang pamamaraan, makatotohanang pananalita pa rin kaya ito? Hindi na. Naglalaman ng maraming patong-patong na kahulugan ang mga salita nila, pinaghalong katotohanan at kasinungalingan—totoo ang ilan, huwad ang ilan—at may intensyong manlansi ang ilan. Ano’t anuman, hindi totoo ang mga ito. Tingnan ninyo ang halimbawa kay Prime Minister Wang na kababanggit lang. May isang taong lantarang sumasalungat kay Prime Minister Wang sa korte. Hindi agad halata kung totoo o huwad ang pagsalungat niya. Kailangan mong mas magsuri pa. Sa kasunod na eksena, umiinom siya sa sekretong silid sa bahay ni Prime Minister Wang. Lumalabas na magkasabwat pala silang dalawa. Kung papanoorin mo lang ang eksena kung saan sinasalungat ng taong ito si Prime Minister Wang, paano mo makikitang magkasabwat silang dalawa? Bakit niya sinasalungat si Prime Minister Wang? Para makaiwas sa paghihinala at gamitin ito para hindi maging masyadong mapagbantay ang emperador, para hindi paghinalaan ng emperador na magkasabwat

sila. Hindi ba't isa itong taktika? (Oo, ganoon nga.) Namumuhay ang mga taong ito sa grupong iyon kung saan hindi sila naglalakas loob na magsalita ng kahit isang salita ng katotohanan. Kung sobrang nakakapagod ang pagsasabi ng mga kasinungalingan araw-araw, bakit hindi na lang sila umalis? Dinadalaw pa nga nila ang puntod ng isang katunggaling namatay na—ano ba ang ibig sabihin niyon? Napakahilig lang talaga nilang makipag-away; kapag walang pag-aaway, pakiramdam nila ay nakakabagot ang buhay. Kung walang pag-aaway, iniisip nila na masyadong nakakayamot ang buhay na ito. Sa dami ng balak at pakanang ito sa isip nila na wala nang mapaggamitan, kailangan nila ng katunggaling lalabanan, para makita kung sino ang mas nakahihigit. Doon nila nararamdaman na may halaga ang buhay. Kung namatay ang kalaban nila, pakiramdam nila ay wala nang kabuluhan pa ang kanilang buhay. Sabihin ninyo sa Akin, kaya bang mareporma ang ganitong tao? (Hindi.) Kalikasan nila ito. May ganitong uri ng kalikasan ang mga anticristo: Araw-araw silang nakikipag-away sa iba at sa mga lider at manggagawa. Kinakalaban pa nga nila ang Diyos, nagsisinungaling at nanlalansi araw-araw, ginagambala at ginugulo ang gawain ng sambahayan ng Diyos. Hindi sila mapakali kahit isang sandali. Hindi nila matanggap ang katotohanan, paano man ito ibahagi sa kanila. Katulad ng malaking pulang dragon, hindi sila titigil hanggang sa ganap na mawasak ang mga ito.

Ayaw ng mga anticristo sa mga nagsasalita nang totoo, ayaw nila sa matatapat na tao. Nasisiyahan sila sa panlalansi at mga kasinungalingan. Kaya, ano ang saloobin nila sa Diyos? Halimbawa, ano ang saloobin nila sa paghingi ng Diyos na maging matapat ang mga tao? Una, hinahamak nila ang katotohanang ito. Talagang nagpapahiwatig sa kanilang problema ang abilidad nila na hamakin ang mga positibong bagay, at pinatutunayan na nito na buktot ang kalikasan nila. Gayunman, hindi ito ang kumpleto o buong larawan. Kung susuriin pa nang mas malaliman, paano nauunawaan ng mga anticristo ang hinihingi ng Diyos na maging matapat ang mga tao? Maaaring sabihin nila, “Ang pagiging isang matapat na tao, ang pakikipag-usap sa diyos tungkol sa lahat ng bagay, pagsasabi ng lahat ng bagay sa kanya, at ang hayagang pagbabahagi ng lahat ng bagay sa mga kapatid—hindi ba't nangangahulugan iyon ng pagkawala sa dignidad ko? Nangangahulugan ito ng kawalan ng dignidad, kawalan ng sarili, at tiyak na kawalan ng pagkapribado. Kahindik-hindik ito; anong klaseng katotohanan ito?” Hindi ba't tinitingnan nila ito nang ganito? Hindi lamang hinahamak ng mga anticristo sa kanilang puso ang mga salita at hinihingi ng Diyos tungkol sa pagiging matapat, kundi maaaring kinokondena pa nila ito. Kung kaya nila itong kondenahin, kaya ba nilang maging matatapat na tao? Hinding-hindi, siguradong hindi nila kayang maging matapat. Ano ang reaksiyon ng mga anticristo kapag nakikita nila ang ilang tao na inaamin na nagsabi sila ng mga kasinungalingan? Mula sa kaibuturan ng kanilang puso, hinahamak at kinukutya nila ang gayong pag-uugali. Naniniwala sila na masyadong hangal ang mga taong nagtatangkang maging matapat. Hindi ba't buktot na tukuyin nilang mga hangal ang matatapat na tao? (Oo, buktot nga ito.) Buktot ito. Iniisip nila, “Sino ba sa lipunan

ngayon ang nagsasabi ng katotohanan? Hinihingi sa iyo ng diyos na maging matapat, at sinusubukan mo talagang maging matapat—nagsasalita ka pa nga nang matapat tungkol sa gayong mga usapin. Talagang napakahangal mo!” Ang paghamak na nararamdaman nila sa kaibuturan ng kanilang puso para sa matatapat na tao ay nagpapatunay na kinokondena at kinasusuklamang nila ang katotohanang ito, at hindi nila ito tinatanggap at hindi sila nagpapasakop dito. Hindi ba’t ito ang kabuktutan ng mga anticristo? Malinaw na isang positibong bagay ang katotohanang ito, at isang aspekto ng pagsasabuhay sa normal na pagkatao na dapat taglayin ng mga tao sa usapin ng kanilang pag-asal, pero kinokondena ito ng mga anticristo. Buktot ito. Sa iglesia, madalas may mga tao na “pinupungusan” ng ilang lider—pinapahirapan sila, dahil iniuulat nila ang mga problema o inilalarawan ang totoong kalagayan sa ang Itaas. Minsan, kapag tinatanong ng ang Itaas ang sitwasyon sa iglesia, inuulat lamang ng ilang lider ang mga positibong bagay at hindi nila binabanggit ang mga negatibong bagay. Kapag naririnig ng ilang tao na hindi totoo ang mga ulat ng mga lider na ito, at hinihingi nila sa mga itong sabihin ang katotohanan, isinasantabi sila ng mga lider, at pinipigilan sila na sabihin ang katotohanan. Hindi tinatanggap ng ilang tao ang paraan ng mga anticristo sa paggawa ng mga bagay. Iniisip nila, “Dahil ayaw mong magsalita nang matapat, hindi kita tatratin gaya ng isang lider. Sasabihin ko ang katotohanan sa ang Itaas. Hindi ako natatakot na pungusan nila ako.” Kaya, tapat nilang iniuulat sa ang Itaas ang tunay na sitwasyon. Kapag ginagawa nila ito, niyayanig nila ang iglesia. Paano nangyari iyon? Dahil inilantad ng mga taong ito ang mga katunayan tungkol sa mga anticristong iyon—inilantad nila ang totoong kalagayan. Sumasang-ayon ba ang mga anticristo rito? Mapapahintulutan ba nila ito? Siguradong hindi nila palalampasin ang mga taong nag-ulat ng isyu. Ano ang gagawin ng mga anticristo? Pagkatapos niyon, agad silang magpapatawag ng pulong tungkol sa usaping ito, hihilingin nila sa mga tao na talakayin ito at pagmasdan ang mga reaksiyon nila. Isinasaalang-alang at iniisip ng karamihan ng tao, na madaling maimpluwensiyahan na, “May isang taong nag-ulat sa mga katunayan, at nanganganib ang lider na ito ngayon. Hindi namin iniulat ang nangyayari—kung magpapasya ang ang Itaas na parusahan ang lider na ito, hindi ba’t madadamay kami sa kanya?” Kaya, humahanap ng mga paraan ang mga taong ito para ipagtanggol ang mga lider, at bilang resulta, naibubukod ang mga taong nag-ulat ng katotohanan. Sa ganitong paraan, nagagawa ng mga anticristo ang anumang gustuhin nila, dahil anumang masasamang bagay ang gawin nila, walang naglalakas-loob na iulat ang sitwasyon sa ang Itaas, kaya nakakamit nila ang kanilang mga layon. Samakatwid, para sa ilang tao, nagdudulot ng maraming aktuwal na suliranin ang pag-uulat ng sitwasyon sa ang Itaas. Alam nila ang mga katunayan, pero palagi silang gustong patahimikin ng mga anticristo. Dahil sa takot at pagkakimi, nakikipagkompromiso sila, at sa paggawa ng ganoon, hindi ba’t nagiging biktima sila ng panggigipit ng mga anticristo? Sa huli, kapag nabunyag at tinanggal ang mga anticristong ito, ano sa tingin mo ang nararamdaman ng mga taong nakipagkompromiso? Pinagsisisihan ba nila ito? (Oo, pinagsisisihan nila ito.) Natutuwa

sila pero nagsisisi rin sila, iniisip nila, “Kung alam ko lang sana na ganito ang mangyayari sa bagay-bagay, hindi sana ako sumuko. Ipinagpatuloy ko sana ang paglalantad sa kanila at pag-uulat sa kanilang mga isyu hanggang sa matanggal sila.” Pero hindi iyon kayang gawin ng karamihan ng tao; masyado silang duwag.

Gusto ng mga anticristo ang panlalansi at mga kasinungalingan at kinasusuklanan nila ang pagkamatapat; ito ang unang halatang pagpapamalas ng buktot nilang kalikasan. Kita mo, palaging nagsasalita ang ilang tao sa paraang mahirap maintindihan ng mga tao. Kung minsan ay may simula pero walang katapusan ang kanilang mga pangungusap, kung minsan ay may katapusan pero walang simula. Hindi mo talaga masasabi kung ano ang ibig nilang sabihin, wala silang sinasabing may anumang katuturan sa iyo, at kung hihilingan mo silang magpaliwanag nang malinaw, hindi nila gagawin iyon. Madalas silang gumagamit ng mga panghalip sa kanilang pananalita. Halimbawa, mayroon silang iniuulat na isang bagay, at sinasabing, “Ang lalaking iyon—um, iniisip niyang, tapos ang mga kapatid ay hindi gaanong ...” Maaari silang magpatuloy nang ilang oras nang hindi pa rin naipapahayag nang malinaw ang kanilang sarili, nang pautal-utal at patigil-tigil, nang hindi tinatapos ang mga pangungusap nila, nagsasabi lamang ng ilang hiwa-hiwalay na salita na walang kaugnayan sa isa’t isa, na iniwan kang walang natutunan matapos marinig iyon—at balisa pa nga. Sa katunayan, nagsagawa na sila ng maraming pag-aaral at may magandang pinag-aralan—kaya bakit hindi nila kayang bumigkas ng isang kompletong pangungusap? Ito ay isang problema sa disposisyon. Masyado silang tuso kaya kailangan ng matinding pagsisikap para makapagsalita ng kahit kaunting katotohanan. Walang pinagtutuunan ang anumang sinasabi ng mga anticristo, laging may simula pero walang katapusan; binibigkas nila ang kalahating pangungusap pagkatapos ay nilululon ang natitira, at palagi nilang pinapakiramdaman ang sitwasyon, dahil ayaw nilang maunawaan mo ang ibig nilang sabihin, gusto nilang manghula ka. Kung sasabihin nila sa iyo nang deretsahan, matatanto mo kung ano ang sinasabi nila at mahahalata mo sila, hindi ba? Ayaw nila iyon. Ano ang gusto nila? Gusto nilang manghula ka sa sarili mo, at masaya silang paniwalain ka na ang hula mo ay totoo—kung ganoon nga, hindi sila ang nagsabi niyon, kaya wala silang anumang responsabilidad. Higit pa roon, ano ang napapala nila kapag sinasabi mo sa kanila ang hula mo sa ibig nilang sabihin? Ang sinabi mo ay ang mismong sinubukan nilang makuha mula sa iyo, at sinasabi niyon sa kanila ang iyong mga ideya at pananaw tungkol sa usapin. Mula roon, mapili silang magsasalita, pinipili ang sasabihin at hindi sasabihin, at kung paano iyon sasabihin, at pagkatapos ay gagawa sila ng sunod na hakbang sa kanilang plano. Bawat pangungusap ay nagtatapos sa isang bitag, at habang nakikinig ka sa mga iyon, kung palagi mong tinatapos ang pangungusap nila, lubusan ka nang mahuhulog sa bitag. Nakapapagod ba sa kanila ang palaging pagsasalita nang ganito? Ang disposisyon nila ay buktot—hindi sila napapagod. Lubos na natural iyon para sa kanila. Bakit gusto nilang lumikha ng mga bitag na ito para sa iyo? Dahil hindi nila makita nang malinaw ang iyong mga pananaw, at natatakot sila na mahahalata mo sila. Kasabay ng pagsubok nilang

patigilin ka sa pag-unawa sa kanila, sinusubukan naman nilang unawain ka. Gusto nilang palabasin mula sa iyo ang mga pananaw, ideya, at pamamaraan mo. Kung magtagumpay sila, ibig sabihin gumana ang mga bitag nila. Nagpapatagal ang ilang tao sa pamamagitan ng madalas na pagsasabi ng “hmm” at “ha”; hindi nila ipinapahayag ang isang partikular na pananaw. Nagpapatagal ang iba sa pamamagitan ng pagsasabi ng “parang” at “ahm...,” na pinagtatakpan ang talagang iniisip nila, ginagamit ito sa halip na ang talagang gusto nilang sabihin. Maraming walang-silbing mga salitang pangkayarian, pang-abay, at mga pandiwang pantulong sa bawat pangungusap nila. Kung itatala mo ang kanilang mga salita at isusulat ang mga ito, matutuklasan mo na wala sa mga iyon ang naghahayag ng kanilang mga pananaw o saloobin tungkol sa usapin. Lahat ng kanilang salita ay naglalaman ng nakatagong mga bitag, tukso, at pang-aakit. Ano ang disposisyong ito? (Buktot.) Napakabuktot! Mayroon bang sangkot na panlalansi? Ang mga bitag, tukso, at pang-aakit na ito na kanilang nililikha ay tinatawag na panlalansi. Ito ay isang karaniwang katangian ng mga taong may buktot na diwa ng mga anticristo. Paano naipapamalas ang karaniwang katangiang ito? Inuulat nila ang magandang balita pero hindi ang masama, nagsasalita lang sila sa nakalulugod na mga pagpapahayag, patigil-tigil silang magsalita, itinatago nila ang bahagi ng tunay na kahulugan ng kanilang sinasabi, nakakalito silang magsalita, malabo silang magsalita, at ang kanilang mga salita ay may kasamang mga tukso. Lahat ng bagay na ito ay mga bitag, at lahat ng ito ay mga paraan ng panlalansi.

Nagpapakita ng mga pagpapamalas na ito ang karamihan ng anticristo at nagsasalita at kumikilos sila sa ganitong paraan. Makikilatis ba ninyo ito kung nakaugnayan ninyo sila nang mahabang panahon? Makikilatis ba ninyo sila? Una, kailangang matukoy mo kung matatapat silang tao. Gaano man nila hingin sa iba na maging matapat at magsalita nang totoo, kailangan mong makita kung sila mismo ay matatapat na tao, kung nagsisikap silang maging matapat, at kung ano ang pananaw at saloobin nila sa matatapat na tao. Tingnan mo kung nakapandidiri ito sa kanila, nasusuklam at nagdidiskrimina sila sa kaibuturan ng puso nila laban sa matatapat na tao, o kung gusto rin nila sa kaibuturan nila na maging matatapat na tao, pero nahihirapan at nagiging hamon sa kanila na gawin ito, kaya hindi nila ito makamit. Kailangan mong malaman kung alin sa mga ito ang sitwasyon nila. Makikilatis mo ba ito? Sa loob ng maikling panahon, maaaring hindi mo ito magawa, dahil kung mautak ang mga tusong pamamaraan nila, maaaring hindi mo sila makilatis. Gayumpaman, paglipas ng panahon, magagawang makilatis ng lahat ang mga ito; hindi nila kayang itago magpakailanman ang katotohanan tungkol sa sarili nila. Gaya ito ng madalas na pagsasabi ng malaking pulang dragon na ito ay “naglilingkod sa mga tao” at “umaakto bilang lingkod publiko ng mga tao.” Pero sa panahon ngayon, sino ba ang naniniwala pa rin na partido ito ng mga tao? Sino pa rin ang naniniwalang nagpapasya ito sa ngalan ng mga tao? Wala nang naniniwala roon, tama? Noong una, may mga optimistikong inaasahan ang mga tao, inaakala nilang sa pamamagitan ng Partido Komunista, mababago nila ang mga kapalaran nila at magiging mga master sila,

na maglilingkod ito sa mga tao at kikilos bilang lingkod publiko. Pero sa panahon ngayon, sino ang naniniwala pa rin sa mga maladiyablong salita nito? Paano ito sinusuri ng mga tao ngayon? Naging kaaway na ito ng publiko. Kaya, mula sa pagiging lingkod publiko, paano ito naging kaaway ng publiko? Sa pamamagitan ng mga kilos nito, at sa pamamagitan ng pagkukumpara sa mga kilos nito sa mga salita nito, natuklasan ng mga tao na ang lahat ng sinasabi nito ay mga mapanlinlang na kasinungalingan, huwad na impormasyon, at mga salitang naglalayong pagmukhaing malinis ang sarili nito. Sinabi nito ang pinakamagagandang pakinggang salita pero ginawa nito ang pinakamasasamang bagay. Ganito rin ang mga anticristo. Halimbawa, sinasabi nila sa mga kapatid, “Dapat ninyong gawin nang tapat ang mga tungkulin ninyo—huwag ninyong hayaang mahaluan ang mga ito ng mga personal na karumihan.” Pero isipin ninyo ito, sila ba mismo ay kumikilos nang ganito? Kapag nagmumungkahi ka sa kanila, kapag nagbunyag ka ng kaunting opinyon mo, hindi nila sasang-ayunan o tatanggapin ito. Kapag bumabangga ang kanilang mga personal na interes sa kanilang mga tungkulin o sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, ipinaglalaman nila ang bawat katiting na pakinabang at hindi sila magpapaubaya kahit kaunti. Isipin mo ang kanilang pag-uugali, pagkatapos ay ikumpara mo ito sa sinasabi nila. Ano ang napapansin mo? Magandang pakinggan ang mga sinasabi nila pero huwad na impormasyon ang lahat ng iyon na naglalayong lansihin ang mga tao. Kapag nagpapakana at nakikipaglaban sila para sa kanilang mga interes, tunay ang lahat ng kanilang pag-uugali, pati na rin ang kanilang mga layunin, paraan, at pamamaraan ng kanilang mga kilos—hindi peke ang mga ito. Batay sa mga bagay na ito, puwede kang magtamo ng kaunting pagkilatis sa mga anticristo.

Mahilig ang mga anticristo sa mga kasinungalingan at panlalansi—ano pa ang hilig nila? Mahilig sila sa mga taktika, pakana, at masasamang balak. Kumikilos sila ayon sa pilosopiya ni Satanas, na hindi nila kailanman hinahanap ang katotohanan, ganap silang umaasa sa mga kasinungalingan at panlalansi at gumagamit ng mga pakana at masamang balak. Gaano ka man kalinaw na makipagbahaginan sa katotohanan, kahit na tumango-tango sila na kinikilala nila ito, hindi sila kikilos ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Sa halip, pipigain nila ang utak nila at kikilos sila gamit ang mga pakana at masamang balak. Hindi mahalaga kung gaano ka man kalinaw na makipagbahaginan sa katotohanan, parang hindi nila ito kayang maunawaan; basta lamang nilang ginagawa ang mga bagay sa paraang handa silang gawin ang mga iyon, sa paraang gusto nilang gawin ang mga iyon, at sa anumang paraan para sa sarili nilang interes. Mabulaklak silang magsalita, na itinatago ang kanilang tunay na mukha at kulay, niloloko at nilalansi ang mga tao, at kapag naloko nila ang iba, natutuwa sila, at natutupad ang mga ambisyon at pagnanais nila. Ito ang palagiang pamamaraan at diskarte ng mga anticristo. Tungkol sa matatapat na tao na deretsahan sa kanilang pananalita, na matapat na nagsasalita at hayagang nakikipagbahaginan tungkol sa sarili nilang pagkanegatibo, kahinaan, at mga mapanghimagsik na kalagayan, at na nagsasalita mula sa puso, sa loob-loob ng mga anticristo ay nasusuklam sila sa mga iyon at nagdidiskrimina sila laban

sa mga iyon. Gusto nila ang mga tao na gaya nila ay nagsasalita sa isang baliko at mapanlinlang na paraan at hindi nagsasagawa ng katotohanan. Kapag nakakasalamuha nila ang gayong mga tao, sa puso nila ay natutuwa sila, na para bang nakahanap sila ng isang taong gaya nila. Hindi na sila nag-aalala na mas magaling ang iba kaysa sa kanila o may kakayahang kilatisin sila. Hindi ba't isa itong pagpapamalas ng buktot na kalikasan ng mga anticristo? Hindi ba't maipapakita nito na buktot sila? (Oo, maipapakita nito.) Bakit naipapakita ng mga usaping ito na buktot ang mga anticristo? Ang mga positibong bagay at ang katotohanan ang dapat mahalín ng sinumang makatwirang nilikha na may konsensiya. Gayumpaman, pagdating sa mga anticristo, itinuturing nila ang mga positibong bagay na ito bilang isang pahirap sa kanila at isang tinik sa kanilang lalamunan. Nagiging kaaway nila ang sinumang sumusunod o nagsasagawa sa mga ito, at mapanlaban sila sa mga gayong indibidwal. Hindi ba't kahawig ito ng kalikasan ng pagkamapanlaban ni Satanas kay Job? (Oo.) Kapareho ito ng kalikasan, disposisyon, at diwa ng kay Satanas. Nagmumula kay Satanas ang kalikasan ng mga anticristo, at nabibilang sila sa kategorya na kapareho ng kay Satanas. Samakatwid, kakampi ni Satanas ang mga anticristo. Kalabisan ba ang pahayag na ito? Hindi naman; ganap na tama ito. Bakit? Dahil hindi mahal ng mga anticristo ang mga positibong bagay. Nasisiyahan silang makilahok sa panlalansi, gusto nila ang mga kasinungalingan, mapanlinlang na anyo, at pagpapanggap. Kung may isang tao na naglalantad ng tunay na mukha nila, kaya ba nilang magpasakop dito at tanggapin ito nang masaya? Hindi lang sa hindi nila ito kayang tanggapin, tutugon pa sila sa pamamagitan ng sunod-sunod na masasakit na salita. Kapag may nagsasabi ng katotohanan o naglalantad ng kanilang tunay na mukha, labis silang nagagalit at nagwawala. Halimbawa, maaaring may isang anticristo na napakabihasa sa pagkukunwari. Nakikita siya ng lahat bilang isang mabuting tao: mapagmahal, kayang makisimpatya sa mga tao, kayang maunawaan ang mga paghihirap ng iba, at madalas na sumusuporta at tumutulong sa mga mahina at negatibo. Tuwing may mga paghihirap ang ibang tao, nagagawa niyang magpakita ng pagsasaalang-alang at pagpaparaya. Sa puso ng mga tao, mas dakila ang anticristong ito kaysa sa Diyos. Tungkol sa taong ito na nagpopostura bilang isang mabuting tao, kung ilalantad mo ang kanyang pagkukunwari at pagpapanggap, kapag sinabi mo sa kanya ang katotohanan, matatanggap ba niya ito? Hindi lang sa hindi niya ito tatanggapin, kundi paiigtingin pa niya ang kanyang pagkukunwari at pagpapanggap. Sabihin mo sa Akin, kung inilantad mo ang pagpapanggap ng mga Pariseo kapag dinadala nila ang kanilang mga kasulatan sa mga sulok ng kalsada para manalangin at basahin ito para marinig ng iba, at sinabi mo sa kanila na ginagawa nila ito para magpakitang-gilas, aaminin ba nila ang sinabi mo? Masaya ba nila itong tatanggapin? Pagninilay-nilayan ba nila ang mga salita mo? Kaya ba nilang aminin na pagpapanggap at panlalansi ang ginagawa nila? Kaya ba nilang magnilay-nilay, magsisi, at hindi na kailanman muling kumilos nang ganito? Hinding-hindi. Kung nagpatuloy ka sa pagsasabing, "Nanlilihis ng mga tao ang mga kilos mo at mapupunta ka sa impiyerno at maparurusahan," hindi ba't pagsasabi iyon ng

katotohanan? (Oo.) Pagsasabi ito ng katotohanan. Tatanggapin ba nila ito? Hindi, manggagalaiti sila agad at sasabihin nila, “Ano? Sinasabi mong mapupunta ako sa impiyerno at maparurusahan? Ang galing mo naman! Nananampalataya ako sa diyos, hindi sa iyo! Walang kuwenta ang mga salita mo!” Doon na ba natatapos iyon? Ano ang susunod nilang gagawin? Magpapatuloy sila, sasabihin nila, “Nakapaglakbay na ako sa malalayong lugar, nakapangaral na ako ng ebanghelyo sa napakaraming tao, namunga ng marami, nagpasan ng napakaraming krus, at sobrang nagdusa sa bilangguan—ikaw na bata ka, noong magsimula akong manampalataya sa panginoon, nasa sinapupunan ka pa ng nanay mo!” Nalalantad ang kalikasan nila, tama? Hindi ba’t ipinapangaral nila ang pagpapasensiya at pagtitiis—kung gayon, bakit hindi nila kayang matiis ang maliit na bagay na ito? Bakit hindi nila ito matiis? Dahil sinabi mo ang katotohanan, isiniwalat mo ang totoo nilang pagkatao, at wala silang kahahantungan. Matitiis pa rin ba nila ito? Kung hindi sila mga anticristo, kung nasa landas sila ng mga anticristo pero kaya nilang tanggapin ang katotohanan, at nagpapakita rin sila ng pagpapamalas ng pagpapanggap, ano ang gagawin nila kung inilantad mo ang pagpapanggap nila? Maaaring hindi nila agad pagnilayan ang sarili nila, at maaaring hindi makatotohanan at hungkag na pakinggan ang sabihing ginagawa nila iyon. Gayumpaman, ang unang reaksiyon ng karamihan sa mga normal na tao kapag narinig nila ito ay nakakaranas sila ng kirot sa puso nila. Ano ang ipinapahiwatig nitong kirot sa puso nila? Ibig sabihin nito ay apektado sila sa naririnig nila; hindi nila inaasahan na may maglalakas-loob na kumilos nang walang pakundangan, magsasabi ng katotohanan, at kokondena sa kanila nang ganito sa harap nila—hindi nila kailanman inasahan at hindi pa nila kailanman narinig dati ang mga salitang ito. Bukod dito, nahihiya sila at ayaw nilang mapahiya. Habang pinagmumunihan nila ang sinasabi mong nakakalihis ng mga tao ang pagtayo sa isang sulok sa kalsada para magdasal at magbasa ng kasulatan, natutuklasan nila pagkatapos ng pagsusuri sa kanilang sarili na ang paggawa nito ay talagang para ipakita sa mga tao kung gaano sila kadeboto, kung gaano nila kamahal ang Panginoon, at kung gaano nila kayang magdusa, na pagpapanggap ito, at totoo ang sinabi mo. Natutuklasan nila na kung magpapatuloy sila sa pagkilos nang ganito, hindi nila maipapakita ang mukha nila sa ibang tao. May kahihyan sila, at sa kahihyang iyon, maaaring medyo mapigilan nila ang kanilang sarili at itigil ang kanilang masasamang gawa o ang mga kilos nila na kahiya-hiya at magpapahiya sa kanila. Ano ang ibig sabihin kapag hindi na sila nagpapatuloy na kumilos nang ganito? Nagpapahiwatig ito ng kaunting pagsisisi. Hindi siguradong talagang magsisisi sila, pero kahit papaano ay may posibilidad ng pagsisisi, na mas mabuti naman kaysa sa mga anticristo at Pariseo. Bakit ito mas mabuti? Dahil may konsensiya at kahihyan sila, kumikirot ang puso nila sa mga salita ng ibang tao na naglalantad. Bagama’t maaaring mahiya sila at masaktan ang kanilang dignidad, kahit papaano ay kaya nilang kilalanin na tama ang mga salitang ito. Kahit na hindi nila magawang makatakas sa kahihyan, sa kaibuturan nila, kinilala na nila at nagpasakop na sila sa mga salitang iyon, na tinatanggap na nila ang mga iyon. Paano naiiba ang mga anticristo? Bakit natin sinasabing buktot ang mga anticristo? Ang

kabuktutan ng mga anticristo ay nasa katunayan na kapag may narinig silang tama, hindi lang sa hindi nila magawang tanggapin ito, sa kabaligtaran ay kinamumuhian nila ito. Dagdag pa rito, ginagamit nila ang sarili nilang mga pamamaraan, naghahanap sila ng mga dahilan, katwiran, at ng iba't ibang obhetibong salik para ipagtanggol at ipaliwanag ang kanilang sarili. Anong layon ang pakay nilang makamit? Pakay nilang gawing mga positibong bagay ang mga negatibong bagay at gawing mga negatibong bagay ang mga positibong bagay—gusto nilang baligtarin ang sitwasyon. Hindi ba't buktot ito? Iniisip nila, "Gaano ka man katama, o gaano man kanaaayon sa katotohanan ang mga salita mo, kaya mo bang labanan ang husay kong magsalita? Kahit na malinaw na huwad, mapanlinlang, at nanlilihis ang lahat ng sinasabi ko, ikakaila at kokondenahin ko pa rin ang sinasabi mo." Hindi ba't buktot ito? Buktot nga ito. Sa tingin mo ba, kapag nakikita ng mga anticristo ang mabubuting tao ay hindi nila itinuturing ang mga ito na matapat sa puso nila? Talagang itinuturing nila ang mga ito bilang matatapat na tao at mga naghahangad sa katotohanan, pero ano ang depinisyon nila ng pagkamatapat at paghahangad sa katotohanan? Iniisip nila na hangal ang matatapat na tao. Nasusuklam, namumuhi, at mapanlaban sila sa paghahangad sa katotohanan. Naniniwala silang huwad ito, na walang sinuman ang puwedeng maging napakahangal para talikuran ang lahat ng bagay para sa paghahangad sa katotohanan, para magsabi ng kahit ano sa kaninuman, at ipagkatiwala ang lahat ng bagay sa Diyos. Walang ganoon kahangal. Sa tingin nila, huwad ang lahat ng kilos na ito, at hindi sila naniniwala sa kahit ano sa mga ito. Naniniwala ba ang mga anticristo na makapangyarihan sa lahat at matuwid ang Diyos? (Hindi.) Kaya, kinukuwestiyon nila ang lahat ng ito sa isipan nila. Ano ang ipinahihiwatig nito? Paano natin ipaliliwanag ang sangkaterbang katanungang ito? Hindi lang nila pinagdududahan o kinukuwestiyon ito; sa huli, kinakaila rin nila ito at nilalayon nilang baligtarin ang sitwasyon. Ano ang ibig Kong sabihin sa pagbabaligtad sa sitwasyon? Iniisip nila, "Ano bang silbi ng pagiging sobrang makatarungan? Kapag isanlibong beses inulit-ulit ang isang kasinungalingan, nagiging katotohanan ito. Kung walang nagsasabi ng katotohanan, ibig sabihin, hindi ito ang katotohanan at wala itong silbi—kasinungalingan lang ito!" Hindi ba't pagbabaligtad ito sa tama at mali? Ito ang kabuktutan ni Satanas—binabaluktot ang mga katunayan at binabaligtad ang tama at mali—ito ang gusto nila. Magaling ang mga anticristo sa pagkukunwari at panlalansi. Siyempre, likas sa kaibuturan nila kung saan sila magaling, at kung ano ang likas sa kaibuturan nila ang mismong nasa kalikasang diwa nila. Lalo pa, ito ang kinasasabikan at minamahal nila, at ito rin ang panuntunan ng kung paano sila mabubuhay sa mundo. Naniniwala sila sa mga kasabihang gaya ng "Ang mabubuting tao ay namamatay nang maaga habang ang masasamang tao ay nabubuhay hanggang sa pagtanda," "Ang bawat tao para sa kanyang sarili at bahala na ang iba," "Ang kapalaran ng isang tao ay nasa kanyang kamay," "Mapagtatagumpayan ng tao ang kalikasan," at iba pa. Umaayon ba ang alinman sa mga pahayag na ito sa pagkatao o sa mga likas na kautusan na kayang maarok ng mga normal na tao? Wala kahit isa. Kaya paanong napakahilig ng

mga anticristo sa mga maladiyablong kasabihang ito ni Satanas at tinatrato pa ito bilang kanilang mga panuntunan sa buhay? Masasabi lang na ito ay dahil napakabuktot ng kalikasan nila.

May isang lider ng iglesia na ilang beses Kong nakaugnayan sa loob ng halos isang taon. Nagkaroon kami ng ilang pagkakataon na magkita, pero limitado ang mga naging pag-uusap namin dahil hindi siya palasalita. Ano ang ibig sabihin niyon—“hindi siya palasalita”? Ibig sabihin ay hindi siya masyadong magsasalita kahit na magtanong ka nang magtanong sa kanya. Ngayon, ganito ba siya sa mga pakikisalamuha niya sa ibang tao sa iglesia? May dalawang posibleng sitwasyon. Sa mga katulad niyang mag-isip, marami siyang nasasabi. Gayumpaman, sa mga hindi niya katulad mag-isip, naging mapagbantay siya at tipid magsalita. Kalaunan, nabuod Ko na sa pakikipag-ugnayan Ko sa kanya, nagsabi siya ng limang “klasikong” parirala sa kabuuan. Hindi siya palasalita, at kaya noong magsalita siya, naging isang “klasikong” parirala ito. Anong klaseng tao ito? Puwede ba natin siyang tawagin na isang “natatanging tao”? Napakanormal para sa mga lider o manggagawa sa iglesia na makipag-ugnayan sa Akin at makipagtalakayan tungkol sa mga usapin, hindi ba? Gayumpaman, natatangi ang taong ito. Limang parirala lang ang sinabi niya, limang parirala na lubhang “klasiko.” Pakinggan ninyo kung bakit naging lubhang “klasiko” ang mga pariralang ito. May sariling konteksto at kaunting kuwento sa likod ng bawat parirala niyang ito. Simulan natin sa kung saan galing ang una niyang parirala.

Sa iglesiang pinamumunuan ng lider na ito, may isang masamang tao na gumawa na ng ilang masamang bagay at gumulo sa gawain ng iglesia. Nakita ng lahat na isa siyang masamang tao, kaya nagsimula silang pagbahaginan at pag-usapan siya. Kung patatalsikin at palalayasin siya, kailangang gumawa ng pagbibigay-alam sa iglesia tungkol sa kanya, para malaman ng lahat kung anong masasamang bagay ang ginawa niya at kung bakit siya inilalarawan bilang isang masamang tao at pinapalayas. Habang inilalantad ang ilang masamang bagay na ginawa ng masamang taong iyon, ang lider na ito, na karaniwang hindi masyadong nagsasalita, ay nagsalita at nagsabi, “Mabuti ang intensiyon niya.” Paano niya tiningnan ang masamang taong iyon na gumagawa ng masasamang bagay na iyon at gumugulo sa gawain ng iglesia? “Mabuti ang intensiyon ng taong ito.” Naniwala siyang naaayon sa katotohanan ang masasamang bagay na ginagawa ng isang masamang tao, basta’t mabuti ang intensiyon ng taong iyon. Para sa kanya, anuman ang kalikasan ng mga kilos nito, mabuti man o masama, o anuman ang kahihinatnan ng mga kilos nito, hangga’t mabuti ang intensiyon nito, naaayon sa katotohanan maski pa ang mga pagkagambala at kaguluhang idinudulot nito. “Mabuti ang intensiyon niya.” Iyon ang unang pariralang sinabi ng lider na ito. Nakarinig na ba kayo ng gayong pananalita? Malinaw na gumagawa ng masama ang isang masamang tao, pero sinasabi ng isang tao na nagkikimkim ng mabubuting layunin ang taong iyon habang ginagawa ang masasamang bagay na iyon. May pagkilatis ba ang lahat sa pariralang ito? Naniniwala Ako na maaaring mailigaw ng pariralang ito ang ilang tao dahil

iniisip ng karamihan ng tao na basta't mabuti ang intensiyon ng isang tao, hindi siya dapat pangasiwaan, at na kung gumagawa ng masama ang isang tao pero mabubuti ang layunin niya, hindi nito sinasadyang gumawa ng masama. Kaya, pagkatapos maudyukan at mailigaw ng lider na ito, posibleng kumampi sa lider na ito ang ilang tao, at magsimulang makisimpatya sa masamang tao. Kung wala ang lider na ito na naglilihis sa kanila, naunawaan sana nang tama ng karamihan ng tao ang usaping ito at naisip na dapat patalsikin at palayasin ang masamang taong iyon dahil sa paggawa ng masama. Gayumpaman, pagkatapos maudyukan at mailigaw ng lider na ito, naisip ng ilang tao, "Mabuti ang intensiyon niya, may katwiran iyon. Minsan ganoon din tayo. Kaya, kung gumagawa tayo ng masama pero may mabubuting layunin, paaalisin at palalayasin din ba tayo?" Dahil dito, kumampi sila sa lider na ito. Bakit? Iniisip nila ang mga sarili nilang kinabukasan. Hindi ba't madaling tanggapin ng mga tao ang pariralang sinabi ng lider na ito? Ano ang mga kinahinatnan ng pagtanggap nila rito? Nagkaroon sila ng mga pagdududa sa Diyos, sa Kanyang matuwid na disposisyon at sa Kanyang mga prinsipyo sa paggawa ng mga bagay-bagay. Nagkaroon sila ng mga pagdududa sa mga prinsipyong mayroon ang sambahayan ng Diyos sa paggawa ng mga bagay-bagay, kinuwestiyon nila ang mga ito, at pagkatapos ay kinondena ang mga ito. Nagkimkim sila sa puso nila ng mga pagdududang ito. Sa realidad, hindi pinalalayas ang masamang taong ito dahil may nagawa siyang isang masamang bagay. Sa sambahayan ng Diyos, walang pinalalayas dahil lang nakagawa siya ng paminsan-minsang pagkakamali, gumagawa man siya ng mano-manong trabaho, ng isang espesyal na tungkulin, o ng isang tungkuling kinasasangkutan ng mga teknikal na kasanayan. Sumasailalim silang lahat sa sama-samang paglalarawan ng mga lider ng iglesia at ng mga kapatid sa kanilang palagiang pag-uugali, at saka sila pinapangasiwaan. Halimbawa, kung palaging tinatamad ang isang tao kung kailan siya dapat gumagawa at nagdadahilan siya para makaiwas sa gawain, angkop bang palayasin siya batay sa pag-uugaling ito? (Oo.) Tama, angkop ito. Halimbawa, kung nakatalaga kang maglinis, at madalas kang kumakain ng buto ng hirasol, umiinom ng tsaa, nagbabasa ng dyaryo, at basta naghahagis lang ang mga balat ng buto ng hirasol kung saan-saan, hindi ba't pinababayaan mo ang mga responsabilidad mo? Bukod sa hindi ka naglilinis, nagkakalat ka rin, na ang ibig sabihin ay pinapabayaan mo ang mga responsabilidad mo. Kung hindi mo magawa nang maayos ang gawain mo, lubusang naaayon sa mga prinsipyo na palayasin ka, at hindi ka dapat makipagtalo tungkol dito. Gayumpaman, sinabi ng lider na ito ng iglesia na mabuti ang intensiyon ng taong iyon, na nagligaw sa mga tao. Pagkatapos udyukan at iligaw nang ganito ng lider na ito ang mga tao, sumunod ang ilan sa ginawa niya, at nagkasundo sila. Pero saan nila inilagay ang Diyos at ang mga katotohanang prinsipyo nang kumilos sila sa ganitong paraan? Naging tulad sila ng isang pamilya, na nag-uusap-usap tungkol sa "ating iglesia" at sa "ating sambahayan ng Diyos." Paano binibigyang-kahulugan ang "iglesia" at ang "sambahayan ng Diyos"? Puwede bang magkaroon ng sambahayan ng Diyos kung saan walang Diyos? (Hindi.) Kung walang Diyos sa isang lugar, puwede bang umiral o

maitatag ang isang iglesia roon? (Hindi puwede.) Kaya, ano ang ibig sabihin nang sinabi nilang “ating”? Ibig sabihin nito ay humiwalay na sila sa Diyos. Ang iglesia ay naging iglesia na ng lider na ito na magulo ang isip, siya ang naging panginoon ng iglesia, samantalang bumuo na ng isang pangkat kasama niya ang mga diumano’y kapatid na iyon at ang mga taong naguguluhan at umakto ang mga ito na parang mga kamag-anak niya. Inilayo nila ang mga sarili nila sa Diyos, kaya nasa labas na ng “sambahayan ng Diyos” ang naging papel ng Diyos. Ang mga ito ang mga kinahinatnan na nabuo nang sinabi ng lider na ito ang unang parirala sa mga sitwasyong ito. Talagang sinang-ayunan siya ng lahat, iniisip nila, “Patas ang lider ng aming iglesia, mapagsaalang-alang siya sa amin, pinatatawad niya ang mga kahinaan namin, at ipinagtatanggol pa niya kami. Kapag nagkakamali kami, palagi kaming inilalantad at pinupungusan ng Diyos. Pero palagi kaming pinoprotektahan ng lider namin, katulad ng pagprotekta ng isang inahing manok sa kanyang mga sisiw. Basta’t naririyon siya, hindi kami maaagrabyado.” Nagpapasalamat ang lahat sa kanya. Ito ang mga kinahinatnan ng unang sinabing parirala ng lider na ito.

Magpatuloy tayo sa ikalawang pariralang sinabi ng lider na ito. May ilang gawain sa labas ng iglesia na hindi magampanan ng karamihan ng tao o masyado silang abala sa kanilang mga inaasikasong tungkulin. May ilang mananampalataya sa pangalan lang na mahusay sa pag-aasikaso ng mga panlabas na usapin, kaya naglaan ng kaunting pera ang sambahayan ng Diyos para kumuha ng ganitong tao para asikasuhin ang mga gampaning ito, at minsan ay gumagastos pa nang kaunti ang sambahayan ng Diyos para maasikaso ng taong ito ang ilan pang gampanin para sa sambahayan ng Diyos. Sabihin ninyo sa Akin, labag ba sa mga prinsipyo na gumastos ang sambahayan ng Diyos ng karagdagang 200 RMB para asikasuhin ang mga ganitong bagay? Ito lang ang paraan para pangasiwaan ang mga bagay na iyon, at nagbunga ito ng magagandang resulta, kaya ganoon pinangasiwaan ang mga iyon. Dahil sa pagbibigay sa taong iyon ng dagdag na 200 RMB, naging magaan para sa sambahayan ng Diyos na pangasiwaan ang mga bagay na ito, at maraming isyu ang nalutas. Sulit bang gumastos ng dagdag na 200 RMB? (Sulit ito.) Talagang sulit ito. Angkop na gawin nang ganito ang mga bagay. Kung ibinigay ng sambahayan ng Diyos ang 200 RMB na iyon sa isang taong hindi kayang pangasiwaan ang mga gampaning iyon, masasayang lang ito. Ang pagbibigay ng 200 RMB sa kanya ay nangangahulugang magagawa nang maayos ang mga gampaning iyon—kung gayon, naaayon ba sa mga prinsipyo na pangasiwaan ng sambahayan ng Diyos ang bagay-bagay sa ganitong paraan? (Naaayon ito sa mga prinsipyo.) Kung gayon, naaayon ba sa mga prinsipyo na hindi ito talakayin o sabihin sa mga kapatid? (Naaayon ito sa mga prinsipyo.) May karapatan ba ang ang Itaas na pangasiwaan ang mga bagay-bagay sa ganitong paraan? (Mayroon.) Mayroon, sigurado iyon. Pero sinabi ng lider ng iglesia na ito, “Sinabi ng mga kapatid na binigyan pa uli ng 200 RMB ang taong iyon.... Tinatanong ko lang ang tungkol sa usaping ito para sa mga kapatid. Hindi nila nauunawaan ang prinsipyong ito, at gusto naming hanapin kung paano pagbahaginan

ang aspektong ito ng katotohanan.” Kalahating mga pangungusap lang ang sinabi niya. Ito ang pangalawang parirala niya. Halata naman na tanong ang pariralang ito, ibig sabihin, “Sinasabi mong naaayon sa mga prinsipyo ang lahat ng ginagawa mo, pero ang bagay na ito ay hindi, at may mga opinyon at kuru-kuro ang ilang kapatid tungkol dito, kaya kailangan kitang tanungin tungkol dito para sa kanila. Paano mo ipapaliwanag ang usaping ito? Magpaliwanag ka sa akin.” Hindi ba’t katanungan iyon? Ngayon, sige, suriin ninyo kung ilang mensahe ang laman nito—ano ang pananaw ninyo kapag narinig ninyo ang ganitong bagay? Paano ninyo nakikita ang taong ito batay sa usaping ito? (O Diyos, may tono ng pagtatanong sa parirala niyang ito. Kinukuwestiyon niya ang Diyos. Sa katunayan, may sarili siyang mga kuru-kuro sa usaping ito. Hindi niya ipinahayag ang mga totoo niyang iniisip, sa halip, sinabi niyang ang mga kapatid ang hindi makatanggap sa desisyon ng ang Itaas, na may mga opinyon sila tungkol dito. Bilang isang lider ng iglesia, noong may mga kuru-kuro ang mga kapatid, nakipagbahaginan sana siya sa kanila tungkol sa katotohanan para malutas ang isyung ito, pero bukod sa hindi niya ito nilutas, kinuwestiyon pa niya ang Diyos gamit ang mga kuru-kurong ito. May isang mapanlinlang at buktot na disposisyon sa kanya.) Dalawang punto ang nabanggit: Ang isa ay na kinukuwestiyon niya ang ang Itaas, at ang isa pa ay ang katunayang may mga kuru-kuro na siya sa loob niya, pero sinabi niya, “Hindi nauunawaan ng mga kapatid ang mga prinsipyo, at gusto nilang hanapin ang mga iyon.” May problema ba sa pariralang ito? Ganoon ba kahalaga sa kanya ang mga kapatid? Dahil itinuturing niyang napakahalaga ang buhay pagpasok ng mga kapatid, noong magkaroon sila ng gayon katinding mga kuru-kuro, bakit hindi niya nilutas ang mga iyon? Hindi ba’t nagiging pabaya siya sa kanyang responsabilidad? Nagiging pabaya siya. Hindi niya nilutas ang isyu, at hindi pa nga siya nahiyang dalhin ang mga kuru-kuro ng mga kapatid para tanungin ang ang Itaas. Kaya, ano ang silbi niya? Anong nagbigay-kakayahan sa kanyang magtanong? Hindi ba’t may mga kuru-kuro din siya? Hindi ba’t may mga iniisip din siya tungkol sa desisyon ng ang Itaas? Hindi ba’t pakiramdam din niya ay hindi angkop na pinangasiwaan ang usaping ito? Hindi ibinigay ang 200 RMB sa kanya, kaya pakiramdam niya ay nawala sa kanya ang pagkakataon, hindi ba? Inisip niya, “Ako dapat ang tumanggap ng dagdag na 200 RMB, nararapat ito sa amin. Hindi mananampalataya ang lalaking iyon, hindi siya ang dapat nakakuha niyon. Tunay kaming nananampalataya sa diyos at mga tao kami ng sambahayan ng diyos, samantalang siya ay hindi.” Hindi ba’t iyon ang ibig niyang sabihin? (Oo.) Iyon mismo ang ibig niyang sabihin. At hindi niya ito deretsahang sinabi; nag-alinlangan siya sa pagsasabi nito. Pagkatapos ninyo itong marinig, nauunawaan ba ninyo ito o hindi? Ano ang pananaw ninyo sa usaping ito ng paggasta ng pera? Kayang maunawaan ng karamihan ng tao ang maliit na usaping ito. Kung isasaalang-alang ang malaking gawain ng sambahayan ng Diyos, talagang kailangan bang pansinin ng lider na iyon ang ginastos na dagdag na 200 RMB? Bukod dito, hindi naman ito galing sa bulsa niya, kaya bakit labis siyang nababagabag dito? Hindi ba’t naiinggit lang siya nang makita niyang nagiging mabuting tao ang iba? Hindi ba’t iyon ang ibig niyang sabihin?

Nauunawaan ba ninyo ang kapapaliwanag Ko lang sa inyo? Mayroon ba sa inyong hindi sumasang-ayon, at nagsasabi, “Hindi! Ang paggasta ng dagdag na 200 RMB nang hindi namin nalalaman—kahindik-hindik na wala kaming karapatang malaman ito. Hindi ba’t paglulustay ito sa mga handog sa sambahayan ng Diyos?” Ano ang konsepto ng sambahayan ng Diyos? Ano ang konsepto ng mga handog? Hayaan mong sabihin Ko sa iyo, hindi pagmamay-ari ng lahat ng tao ang mga handog, hindi pagmamay-ari ng mga kapatid ang mga ito; kung may mga kapatid lang at walang Diyos, hindi ito matatawag na sambahayan ng Diyos. Kapag nagpapakita at gumagawa ang Diyos, kapag tinatawag Niya sa harap Niya ang mga tao at nagtatatag Siya ng iglesia—iyon ang sambahayan ng Diyos. Kapag naghahandog ng ikapu ang mga kapatid, hindi ito inihahandog sa sambahayan ng Diyos, ni sa iglesia, at siguradong hindi ito inihahandog sa sinumang indibidwal. Sa Diyos nila inihahandog ang ikapung ito. Sa madaling salita, sa Diyos ibinigay ang perang ito; pribado Niyang pag-aari ito. Ano ang ipinahihiwatig ng pribado Niyang pag-aari ito? Na puwede itong ilaan ng Diyos sa paraang gusto Niya, at na hindi kalipikado ang lider na makisangkot dito. Hayaan mong sabihin Ko sa iyo, medyo kalabisan na at hindi kinakailangan ang mga pagtatanong at ang kagustuhang hanapin ang katotohanan dahil sa usaping ito; pagiging peke at mapagpanggap niya iyon! Napakaraming mahalagang usapin na hindi pa hinahanapan ng katotohanan ng lider na ito, pero pinili niya itong hanapin sa usaping ito. Bakit hindi niya pinangasiwaan ang masamang taong iyon? Bakit hindi siya naghanap, na nagsasabi, “Nagpakita ang taong ito ng ilang pagpapamalas ng paggawa ng masama; nasusuklam sa kanya ang lahat ng kapatid. Hindi ba’t dapat ko itong pangasiwaan?” Hindi nagtanong ang lider tungkol doon; ganap siyang bulag sa masamang taong ito. Hindi ba’t problema iyon? Ano ang unang pariralang sinabi ng lider na ito? (Mabuti ang intensiyon niya.) “Mabuti ang intensiyon niya.” Tingnan ninyo kung gaano “kabuti” ang taong ito; napakamapagpaimbabaw! Buktot siya, pero puno ng kabutihan at moralidad ang mga salita niya; napakatamis ng mga salita niya, pero may mga patalim sa puso niya, at hindi siya kumikilos gaya ng isang tao. Ano ang pangalawa niyang parirala? “Nagbigay ang sambahayan ng Diyos ng dagdag na 200 RMB sa isang tao para tapusin ang isang gampanin. Gusto kong maghanap, para sa mga kapatid, kung paano namin dapat maunawaan at maarok ang prinsipyo sa usaping ito.” Ibinigay Ko ito bilang isang kumpletong pahayag; siyempre, hindi niya sinabi ito nang ganoon. Nagsalita siya nang may pag-aalinlangan, kaya naging mahirap na maunawaan kung ano ang ibig niyang sabihin. Ganoon lang talaga siya magsalita. Ito ang pangalawang pariralang sinabi ng lider na iyon.

Ngayon makinig kayo sa pangatlong pariralang sinabi ng lider na iyon. Tulong-tulong na gumagawa ang lahat, naghuhukay. Itinalaga ang bawat tao na magpuno ng isang basket ng lupa. May isang taong mabilis gumawa at unang natapos, pagkatapos ay naupo at uminom ng kaunting tubig at nagpahinga, hinihintay niya ang iba. Pagkatapos, may hindi magandang nangyari. Ano ang hindi magandang nangyari? Lumitaw ang ikatlong problema. Muling lumapit ang lider na ito para tanungin ang ang Itaas, sinabi

niya, “May isang tao rito na mabilis gumawa at mabilis kumilos, pero may mali sa kanya. Pagkatapos niyang gumawa, umuupo lang siya at hindi tumutulong sa iba, kaya nagsisimulang bumuo ng mga opinyon ang iba tungkol sa kanya.” Nagtanong ang Itaas na Brother, “Karaniwan ba siyang tamad kapag gumagawa?” Sumagot ang lider na ito, “Hindi naman. Mabilis lang siyang gumawa, at pagkatapos gumawa, umuupo lang siya habang naghihintay, at hindi siya tumutulong sa iba, kaya may mga opinyon ang mga kapatid tungkol sa kanya, sinasabi nilang wala siyang awa.” Nang binanggit ito ng mga kapatid, nabagabag dito ang lider na ito. Inisip niya, “Hay naku, tingnan ninyo kung gaano kalupit ang taong iyon! Pagod na sa paggawa ang mga kapatid ko, mabagal silang gumawa, at walang tumutulong sa kanila.” Masama ang loob ng buong grupo, kaya masama rin ang loob niya. “Napakamaunawain” naman niya! Dinala niya ang “pasaning” ito para iulat sa ang Itaas. Ang unang tinanong niya ay, “Puwede bang parusahan ang ganitong tao?” Sabihin ninyo sa Akin, sa tingin ninyo, puwede bang parusahan ang ganitong tao? (Hindi.) Kung gayon, ano ang reaksiyon ninyo pagkarinig dito? Halo-halo ba ang nararamdaman ninyo tungkol dito? Masama ba ang loob ninyo? (Oo.) Palaging ibinabahagi ng sambahayan ng Diyos na dapat maunawaan ng mga tao ang katotohanan at tratuhin nang patas ang iba, pero hindi niya magawa maski ang maliit na bagay na ito. Naniwala siyang magiging patas na parusahan ang taong iyon. Hindi ba’t buktot ito? (Oo, buktot ito.) Inisip niya, “Nagdurusa ang mga kapatid ko, at iniulat nila sa akin na walang awa ang taong ito. Bilang isang lider, paano ko makukuha ang loob ng mga taong ito, paano ko sila mapapakalma, mapoprotektahan, mapipigilang maagrabyado o makaramdam na tinrato sila nang hindi patas?” Ang una niyang tugon ay ang parusahan ang taong iyon, inaakala niya na sa pagpaparusa rito, huhupa ang galit ng lahat, at magiging patas at pantay ang lahat ng bagay. Hindi ba’t gusto niyang gawin ito? (Oo.) Inisip niya, “Kumakain tayong lahat ng parehong pagkain, nakatira sa parehong lugar, at pareho ang pagtrato sa ating lahat. Anong karapatan mong gumawa nang napakabilis? Kung mabilis kang gumawa, bakit hindi mo tulungan ang iba?” Sabihin ninyo sa Akin, ano ang nararamdaman ng mga tao pagkarinig dito? “Kasalanan ang gumawa nang mabilis. Para bang hindi tayo dapat gumawa nang mabilis kailanman—wala itong magandang idudulot sa atin sa ilalim ng lider na ito. Hindi mabuti ang gumawa nang mabilis, ni ang pagiging maagap. Makatwirang maging mabagal!” Tinanong ng ang Itaas ang lider, “Paano naman ang mga gumagawa nang mabagal? Ginagantimpalaan mo ba sila?” Hindi nakapagsalita ang lider, pero hindi magulo ang isip niya. Sinabi niya, “Hindi, hindi ko sila puwedeng gantimpalaan. Gayumpaman, dapat parusahan ang lalaking iyon na gumagawa nang mabilis. Sinasabi ng lahat ng kapatid na kailangan niyang maparusahan.” Iyon ang pariralang binigkas niya. Sabihin ninyo sa Akin, talaga bang kumakatawan sa mga kapatid ang pariralang ito, o kumakatawan ba ito sa mismong lider? (Kumakatawan ito sa mismong lider.) Isantabi natin ang mga kapatid—maraming klase ng mga taong magulo ang isip sa kanila: ang mga hindi nagmamahal sa katotohanan, ang mga nagsasalita sa balikong paraan, ang mga makasarili at naghahanap ng pakinabang para sa kanilang

sarili, ang mga nag-uudyok ng mga pagtatalo, ang mga nagsasalita nang walang mga prinsipyo, at ang mga kumikilos nang walang moral na batayan. Anong klaseng tao ang hindi makikita sa kanila? Kaya, ano ang responsabilidad niya bilang isang lider ng iglesia? Responsabilidad ba niyang magsalita para sa mga maimpluwensiyang kapatid, na ipagtanggol ang mga buktot na kalakaran at masasamang pagsasagawang ito? (Hindi.) Kung gayon ano ang responsabilidad niya? Nang matuklasan niya ang mga isyu ng pagkabaluktot at paglihis sa mga kapatid, responsabilidad niyang lutasin ang mga isyung ito gamit ang katotohanan, para maunawaan ng mga taong iyon kung nasaan ang mga problema, at ang mga isyu sa mga kalagayan nila, para makilala nila ang sarili nila at maunawaan ang katotohanan, at dalhin sila sa harap ng Diyos. Hindi ba't ito ang responsabilidad ng isang lider ng iglesia? (Oo.) Tinupad niya ba ito? Bukod sa nabigo siyang tuparin ito, pinamayani pa niya ang mga buktot na kalakaran at masasamang pagsasagawang iyon, pinoprotektahan, inuudyukan, at kinukunsinti ang pagdami at paglaganap ng mga ito sa iglesia. Hindi ba't buktot ito? (Oo.) Sabihin ninyo sa Akin, pagkatapos pungusan at ilantad ng ang Itaas ang isang tao na may ganitong buktot na disposisyon, magiging tutol ba siya sa puso niya? (Oo.) Siguradong magiging tutol siya. Tatratuhin ba niya nang patas ang mga tao ayon sa mga prinsipyong ibinigay ng ang Itaas sa kanya? Hinding-hindi. Makikita mo sa mga salitang sinabi niya na ganap siyang mapanlinlang. Kalaunan, naisip Ko: "Kung parurusahan ang mga mabilis gumawa, sino ang mangangahas na gumawa nang mabilis? Magiging kasimbagal ng pagong ang lahat, hindi makaahon sa pampang ng ilog kahit na magkakampay ito sa loob ng tatlong araw." Hindi ba't magiging ganoon ang mga bagay-bagay? Bukod sa kawalan niya ng abilidad na tratuhin nang patas ang mga tao, ang pinakamapanganib at matinding aspekto ng lider na ito, at ang pinakamagliligaw sa mga tao, ay na anumang masasamang bagay ang ginawa ng mga kapatid o anumang mali at katawa-tawang pananaw ang ipalaganap nila, bukod sa nabigo siyang kilatisin at iwasto sila, binigyang-layaw pa niya sila, kinanlong sila, at sinubukan pang mapalugod sila. Hindi ba't isa siyang mapanganib na indibidwal? (Oo.) Napakamapanganib niya! Ito ang pangatlong pariralang sinabi ng lider na iyon.

Magpatuloy naman tayo sa ikaapat na parirala. Madalas Kong dinadalaw ang iglesia kung saan namamahala ang lider na iyon, at nag-aalaga ang mga kapatid ng ilang manok doon. Tuwing dumadalaw Ako, nagkakatatay siya ng manok. Sa isang araw, maglalaga siya ng manok; sa susunod na araw, mag-aadobo siya ng manok; sa makalawa, mag-iinasal naman siya ng manok. Naisip Ko na kung araw-araw Akong pupunta roon, mauubos na ang lahat ng manok doon sa loob lang ng ilang araw. Bakit ganoon? Kapag naluto na ang isang manok, minsan kumukuha Ako ng isang piraso, at minsan naman ay ayaw Kong kumain nito, pero kinakain pa rin ito ng mga tao, at nauubos pa rin ang isang buong manok sa bawat pagkakataon. Kalaunan, isinaalang-alang Ko ito: Kung nauubos ang isang buong manok sa tuwing dumadalaw Ako, gaano man karami ang manok nila, hindi magtatagal ang mga ito kapag kinakain ang mga iyon nang ganoon. Kaya, sinabi Ko sa

lider na hindi na siya puwedeng magkatay ng manok. Hindi ba't ito ang tamang gawin? (Oo.) Ngayon, talagang pinroblema niya ito. Nagtanong siya, "Kung hindi kami makakapagkatay ng manok, kung gayon ..." Hindi mo aakalain ang sunod niyang tinanong. Ano ang naibulalas niya sa huli? "Kung gayon, ano ang gusto mong kainin?" Sinabi Ko, "Hindi ba't may iba pang makakain bukod sa mga manok? Hindi ba't puno ng mga gulay ang hardin? Ayos lang sa Akin na kumain ng kahit ano sa mga iyon." Ang ibig niyang sabihin ay kung hindi siya puwedeng magkatay ng mga manok, kailangan Ko pa ring kumain ng kaunting karne. "Mapagsaalang-alang" siya, hindi ba? Sinabi Ko, "Anong karne! Kung may mga gulay ka, hindi na Ako kakain ng karne. Kung hindi Ko sinasabing magkatay ka ng mga manok, huwag mong kakatayin ang mga iyon!" Madali lang dapat itong maunawaan, hindi ba? (Oo.) Pero sa kaso niya, naging problema ito. Hindi siya naging komportable na hindi na siya makakapagkatay ng mga manok; nagsimula na siyang kumilos nang labis na kakatwa, na parang isang taong nasasapian. Dahil hindi siya makakain ng manok noong pagkakataong iyon, nang sumunod na dumalaw Ako, nagtanong pa uli siya, na magdadala naman sa atin sa ikalimang parirala. Pakinggan ninyo kung paano mas lalong nagiging katawa-tawa ang mga tanong niya. Ano ang tanong? Sinabi niya, "Dahil hindi kami puwedeng magkatay ng manok, at nag-aalaga rin naman tayo ng mga kuneho—iyon na lang ba ang kakainin mo?" Talagang nagalit Ako dahil doon. Sinabi Ko, "Nakakatuwa ang maliliit na kunehong inaalagaan natin, maliliwanag na pula ang mga mata ng mga ito at purong puti ang balahibo ng mga ito. Masayang naglalaro ang mga ito. Bakit ba palagi mong iniisip ang pagkain ng karne? Hindi mo ba kaya kapag walang karne?" Hindi Ko naunawaan. Hindi nauubusan ng karne ang kusina nila; hindi maubos-ubos ang mga hita ng manok at karne ng baboy. Hindi naman parang wala na siyang makakaing karne, kaya bakit tanong siya nang tanong tungkol sa pagkatay sa mga kuneho at pagkain sa karne ng mga ito? Isinagot Ko na lang ang mga salitang ito: "Hindi mo sila puwedeng katayin! Para saan ba ang lahat ng pagkatay na ito?" Nang makita niya Akong tumugon nang ganito, natakot siyang mapungusan at hindi na nangahas na magtanong pa. Anong mga pagkain ang inihanda niya pagkatapos niyon? Kapag buwan ng Hunyo at Hulyo, sari-sari ang nasa hardin; sagana ang madadahon at namumungang gulay. Isang araw, naghanda ang lider na iyon ng napakaraming lutong pagkain. Ano ang inihanda niya? Ginisang toge, sinabawang toge, nilagang tokwa na may isda, ginisang gisantes at itlog, ginisang taingang-daga—wala ni isang dahong gulay sa mesa. Tiningnan Ko ang lahat ng walang kabuhay-buhay na pagkaing iyon. Maganda ang panahon para sa mga sariwang pagkain, pero ganap na wala sa panahon ang mga pagkaing inihanda niya. Inisip Ko, hindi ba't buktot ang taong ito? May iba't ibang klase ng gulay sa hardin; bakit hindi siya naghanda ng dahong gulay? Sa huli, sinabi Kong dapat siyang palayasin agad. Kung ang gaya niya ang namamahala sa pagluluto, hindi kailanman makakakain ang mga tao ng mga pagkaing napapanahon. Sa halip, palagi silang kakain ng mga pagkaing wala sa panahon. Normal ba iyon? Siguradong hindi ito normal!

Sa pamamagitan ng mga tanong ng lider na ito at ng paraan ng pagluluto niya, napagmasdan Ko na una, mababa ang karakter niya; ikalawa, mayroon siyang isang buktot at lihim na mapanirang disposisyon; at ikatlo, hindi niya hinangad ang katotohanan. Gayumpaman, may isang hindi inaasahang bagay; matatawag mo pa nga itong kakatwa. Dati, tuwing may halalan sa iglesiang ito, siya ang nakakatanggap ng pinakamaraming boto, at kahit sa mga muling halalan, siya pa rin ang nakakatanggap ng pinakamaraming boto. Ano ang nangyayari? Bakit paulit-ulit na nakakatanggap ang gayong tao ng pinakamaraming bilang ng boto? Hindi ba't may mga dahilan dito sa parehong panig? (Mayroon.) May mga dahilan para dito sa parehong panig. Ano ang mga pangunahing dahilan? Sa isang banda, hindi hinahangad o nauunawaan ng karamihan ng kapatid ang katotohanan, at wala silang pagkilatis sa mga tao. Sa kabilang banda, sobrang galing ng lider ng iglesia na ito sa panlilihis sa mga tao. Hindi ninyo alam kung sino ang taong ito, hindi pa ninyo nakita ang ginawa niya, at hindi ninyo alam kung anong klaseng tao siya kapag walang nakakakita. Pero batay pa lang sa mga bagay na sinabi Ko, kasama na ang limang pariralang sinabi niya, sa tingin ninyo, anong klaseng tao siya? Angkop ba siyang maging isang lider ng iglesia? (Hindi.) Kung gayon, bakit siya palaging inihahalal ng mga kapatid na iyon? Dahil may mga estratehiya siya at inililigaw niya ang mga taong ito. Talagang hindi siya kasingtaos-puso at kapraktikal gaya ng ipinapakita niya sa panlabas; tiyak na may mga estratehiya siya. Kalaunan, sinabi Kong walang mga tao sa iglesiang iyon na angkop na gumanap bilang isang lider at dapat na may ibang itaagang tao para maglingkod sa posisyong ito. Pero hindi naunawaan ng ilang tao; sa tingin nila, hindi pinili ng mga kapatid ang lider na ito. Paano dapat tukuyin ang "mga kapatid"? Kumakatawan ba sa katotohanan ang mga kapatid? Ganito ba sila tinutukoy? (Hindi.) Kapag nagsama-samang gumawa ng kahilingan, regulasyon, o ng isang opinyon at isang argumento ang mga kapatid, tiyak bang naaayon sa katotohanan ang mga ito? Dapat bang isaalang-alang ng Diyos ang mga isyu nila at unahin muna sila? Magagawa ba ito ng Diyos? (Hindi.) Kung gayon, paano sila dapat tratuhin? Paano dapat tukuyin ang mga kapatid na ito? Handa ang karamihan sa kanila na gawin ang kanilang mga tungkulin, magtrabaho, at gumawa, pero hindi nila hinahangad ang katotohanan. Wala silang abilidad at kakayahang maarok ang katotohanan, sila ay hangal, manhid, at mapurol ang utak nila, hindi nila makilatis ang mga tao o malinaw na maunawaan ang mga usapin, at makasarili sila at iniisip lang ang pakinabang sa sarili nila. Bagama't nagtataglay sila ng ilang mabuting layunin at handa silang talikuran ang mga bagay, gugulin ang sarili nila, at magpakapagod para sa Diyos, ano ang malubha nilang kahinaan? Hindi nila nauunawaan ang katotohanan o tinatanggap ito. Sumusunod sila sa "Sinuman ang nagpapakain sa akin ay aking ina, at sinuman ang nagbibigay sa akin ng pera ay aking ama." Sinumang mabuti sa kanila o kapaki-pakinabang sa kanila, sinumang nagsasalita para sa kanila at nagpoprotekta sa kanila, iyon ang taong pinipili nila. Kung hahayaan ang gayong mga tao na pumili ng sariling lider nila, makakapaghalal ba sila ng isang mabuting lider? Hindi. Magagawa ba nilang makausad

sa kanilang buhay pagpasok? Kung hahayaan sila ng ang Itaas na maging napakasutil, at hahayaang patuloy na kumilos nang walang ingat, hindi ba't magiging iresponsable iyon? (Oo.) Magulo ang isip nila, pero hindi magulo ang isip ng ang Itaas, kaya ang lider na hinirang ng mga taong ito ay inalis at pinalitan ng ibang tao. Kahit na ayaw ng mga taong ito na tanggapin ang bagong lider, basta't kayang gawin ng taong iyon ang ilang tunay na gawain, mas mainam na siya kaysa sa huwad na lider na iyon na iniligaw ang mga tao. Kahit na hindi nauunawaan ng mga kapatid ang pagsasaayos ng ang Itaas, balang araw ay maaarok nila ang ilang katotohanan at mauunawaan nila nang kaunti ang mga bagay, at pagkatapos ay malalaman nila kung sino ang mabuti at sino ang masama. Sa pagkilos nang ganito, ganap silang pinananagutan ng ang Itaas. Angkop ba ang paggawa nito? (Angkop ito.) Kahit na hindi nila nauunawaan, hindi sila puwedeng hayaan na gawin na lang ang gusto nila sa paghahalal ng kung sino ang gusto nila. Gusto ba nilang maghimagsik? Kung gusto nilang gumawa ng masama, maging mga kasabwat ni Satanas, ganap silang mawawasak. Kaya, nagpasya na ang ang Itaas para sa kanila at pumili ng ibang lider. Pero hindi nila ito tinanggap; iginiit nilang angkop ang taong pinili nila. Hindi ba't pagiging buktot ito? Bakit palagi nilang iniisip na mabuti siya? Ano ang napakabuti sa kanya? Bakit napakadeterminado nilang panatilihin siya? May problema roon: Nailigaw at napinsala na sila ng huwad na lider na ito nang hindi nila namamalayan. Talagang mga hangal sila. Tapos na Ako sa pagtatalakay sa usaping ito. Itinuturing natin ang mga taong gaya ng huwad na lider na ito bilang isang tipikal na halimbawa para maghimay at magsuri sa loob ng paksang ito—wasto ang paggawa nito. Kung tutuusin, tipikal ang mismong kabuktutan sa disposisyon nila.

Pagdating sa pagbabahaginan natin sa kabuktutan sa loob ng ikapitong pagpapamalas ng mga anticristo, sa pamamagitan ng pagsasama-sama sa mga partikular na halimbawang ito, at pagsusuri at paghahambing sa mga ito, naging mas malinaw na ba ang paksang ito sa inyo? Hindi sigurado kung magagawa ba ng taong ito, na katatalakay Ko lang sa inyo, na hangarin ang katotohanan sa hinaharap, hindi ito malinaw, at hindi tayo bubuo ng anumang kongklusyon sa ngayon. Gayumpaman, isang bagay ang sigurado: Pawang buktot ang kanyang disposisyon, diwa, at kalikasan. Kaya, ano ang minahal niya? Minahal niya ba ang pagiging patas at matuwid? Minahal niya ba ang iba't ibang katotohanang sinabi ng Diyos? Minahal niya ba ang pagiging isang matapat na tao, ang pagtrato nang patas sa iba, ang pagkilos nang may mga prinsipyo, at paghahanap sa katotohanan? Minahal niya ba ang mga bagay na ito? Hindi niya minahal ang anuman sa mga ito—isandaang porsiyento ang katiyakan nito. Sa pamamagitan ng ilang pariralang ito na sinabi niya at sa ilang katanungang tinanong niya, nalantad ang mga bagay na minahal niya sa kailaliman ng kanyang puso at sa kanyang kaibuturan. Walang kahit isang bagay sa mga ito ang alinsunod sa mga positibong bagay. Sino ang mga taong gusto niya at handa siyang protektahan? Pinrotektahan niya ang mga gumawa ng masama, ang mga gumulo sa gawain ng iglesia, ang mga ganap na walang katapatan at gumawa ng maraming masamang gawa sa paggampan sa kanilang mga

tungkulin. Hindi niya tiningnan ang gayong mga tao nang may galit o pagkamuhi; nagsalita pa nga siya para sa kanila at ipinagtanggol sila. Ano ang ipinahihiwatig nito? Na magkauri sila: Pareho ang kanilang mga interes at diwa. Likas silang nagkakasundo, at pareho silang bulok. Nang patuloy na nagkikimkim ng mga kuru-kuro at maling pag-unawa ang ilang kapatid tungkol sa mga salita at kilos ng Diyos, ano ang naramdaman ng lider na ito? Mayroon ba siyang pasanin pagdating sa paglutas sa mga isyung ito? (Wala.) Wala siya ng pasanin ito; hindi niya tinugunan ang mga isyung ito o binigyang-pansin ang mga ito—nagpikit-mata siya sa mga ito. Kapag may nagsira ng dangal ng pangalan ng Diyos, o ginambala at ginulo ang gawain ng sambahayan ng Diyos, kapag may taong walang katapatan at pabaya sa paggawa ng kanyang tungkulin, o pininsala ang mga interes ng sambahayan ng Diyos at nagdala ng kaguluhan at pagkawasak habang ginagawa ang kanyang tungkulin, o nagpapahayag ng pagkanegatibo at nagkakalat ng mga kuru-kuro, kaya ba niyang matukoy ang mga ito bilang mga problema? Hindi niya matukoy ang mga ito bilang mga problema; inisip niya, “Normal na umiral ang mga isyung ito; sino ba ang walang pagbubunyag ng katiwalian?” Ano ang ipinahihiwatig niya? Ipinahihiwatig niya na dapat kumilos nang ganito ang mga taong iyon, nang sa gayon ay hindi siya magmumukhang napakasama—puwede siyang “magtago” at “maprotektahan.” Hindi ba’t buktot ito? Patuloy na nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan ang mga taong ito, at hindi niya pinangasiwaan ang mga ito. Batay rito, sabihin ninyo sa Akin, may pagpapahalaga ba siya sa katarungan? Minahal niya ba ang katotohanan? Anong klaseng lugar ang turing niya sa sambahayan ng Diyos? Ayaw niyang mapuno ng matatapat na tao ang sambahayan ng Diyos, ng mga taong tapat sa Diyos, ng mga sumusunod sa daan ng Diyos at alam ang kanilang lugar habang ginagawa ang kanilang mga tungkulin. Ayaw niyang magtapat at magbahaginan ang lahat tungkol sa mga salita ng Diyos, na magpasakop sa Diyos at magpatotoo sa Kanya. Ayaw niya kapag ganoon lahat ang nasa sambahayan ng Diyos. Kung gayon, ano ang gusto niya? Gusto niya kapag ang lahat ay gumagawa ng mga koneksiyon na kapaki-pakinabang sa kanilang sarili, pinoprotektahan ang interes ng isa’t isa, hindi pinipinsala ng iba, o isinisiwalat ang lihim ng sinuman. Gusto niya kapag ang lahat ay pinoprotektahan at kinakanlungan ang isa’t isa, itinatago sa mga tagalabas ang anumang masasamang bagay na ginawa ng iba, at kumikilos bilang isang nagkakaisang puwersa. Iyon ang gusto niya. Nang isiniwalat at isinapubliko ng isang tao ang mga maling ginagawa at totoong sitwasyon ng ibang tao, deretsahang nagsasalita at ipinapaalam sa lahat ang tungkol sa mga ito, kinamuhian at kinasuklaman niya ang gayong mga pagkilos. Gusto niya kapag nananatiling tago at lihim ang mga maling gawain, kapag hindi nalalantad ang mga kasinungalingan, at kapag hindi napapangasiwaan ayon sa mga prinsipyo ang sinumang gumagawa ng mga panlalansi o pumipinsala sa mga interes ng sambahayan ng Diyos. Sa iglesiang pinangasiwaan niya, ano ang nangyari sa mga salita ng Diyos at sa mga atas administratibo at pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos? Naging mga salitang walang kabuluhan ang mga ito, at hindi naipatupad ang mga

ito. Bakit hindi naipatupad ang mga ito? Dahil hinarang niya ang mga ito; naging pader siya na pumipigil sa mga ito. Ito ang buktot na disposisyon na ibinubunyag ng mga anticristo sa pamamagitan ng pagbabaluktot sa mga katunayan, paggamit ng mga partikular na taktika at paggawa ng mga partikular na pakana at panlilinlang na nanloloko at nanlalansi sa iba para makamit ang sarili nilang mga layon.

Hindi maipatupad ang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos sa mga iglesia kung saan ang mga anticristo ang may hawak ng kapangyarihan. Kasabay nito, lumilitaw rin ang isang kakaibang pangyayari sa loob ng mga iglesiang iyon, kung saan ang naipapatupad lamang na gawain ay ang gawaing walang kinalaman o sumasalungat sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, na nagpapalitaw sa iba't ibang opinyon at argumento sa mga kapatid, at nagdadala ng matinding kaguluhan sa iglesia. Paano kumikilos ang mga huwad na lider? Hindi sila gumagawa nang naaayon sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos; para bang wala silang gagawin, at hindi talaga sila tumutugon sa mga pagsasaayos ng gawain. Walang kaalam-alam ang mga taong nasa pangangasiwa ng mga lider na ito; watak-watak sila, walang nag-oorganisa sa kanila—ginagawa ng lahat ang anumang gustuhin nila, sa ano mang paraan na gusto nila. Hindi nagsasalita ng kahit na anong pahayag ang mga huwad na lider at hindi nila inaako ang responsabilidad na ito. Gayumpaman, iba kumilos ang mga anticristo. Hindi lang sila nabibigong ipatupad ang mga pagsasaayos ng gawain, bumubuo rin sila ng sarili nilang mga pahayag at pagsasagawa. Kinukuha ng ilan ang mga pagsasaayos ng gawain ng ang Itaas at binabago ang mga iyon, ginagawan nila ang mga ito ng sarili nilang bersiyon, na kanila namang ipinapatupad, samantalang hindi talaga kumikilos ang iba ayon sa mga pagsasaayos ng gawain ng ang Itaas, at ginagawa lang nila ang gusto nila. Sinasarili nila ang mga pagsasaayos ng gawain ng ang Itaas at hindi ipinapasa ang mga ito sa ibaba, pinapanatili nilang walang nalalaman ang mga nasa ilalim nila samantalang ginagawa nila ang anumang gustuhin nila, bumubuo pa nga sila ng sarili nilang mga teorya at pahayag para iligaw at lokohin ang mga nasa ilalim nila. Kaya, huwag ninyong tingnan kung gaano karami ang kayang talikuran ng mga anticristo o kung anong pagdurusa ang kaya nilang tiisin sa panlabas. Isantabi ninyo ang mga paimbabaw na kilos at pag-uugali nila, at tingnan ninyo ang diwa ng mga bagay na ginagawa nila. Anong klase ang ugnayan nila sa Diyos? Sinasalungat nila ang lahat ng bagay na sinabi at ginawa ng Diyos, ang lahat ng bagay na hinihingi ng Diyos na maunawaan ng mga kapatid, at ang lahat ng bagay na hinihingi Niyang maipatupad na maibaba sa iglesia—sinasalungat nila ang lahat ng ito. Maaaring magtanong ang ilan, “Ang pagkabigo bang ipatupad ang mga bagay na ito ay katulad ng pagsalungat sa mga ito?” Bakit hindi nila ipinapatupad ang mga ito? Dahil hindi sila sumasang-ayon sa mga ito. Yamang hindi sila sumasang-ayon sa mga ito, mas mataas ba sila kaysa sa sambahayan ng Diyos? Yamang hindi sila sumasang-ayon sa mga ito, may mas maganda ba silang plano? Wala. Kaya, bakit nangangahas silang hindi ipatupad ang mga ito dahil lamang hindi sila sumasang-ayon sa mga ito? Dahil gusto nilang pangibabawan at

kontrolin ang iglesia. Naniniwala sila na kung ipapatupad nila ang mga bagay nang lubos na naaayon sa mga pagsasaayos ng gawain at sa mga hinihingi ng ang Itaas, baka hindi mapansin ang mga kontribusyon nila, baka hindi sila mamukod-tangi, at hindi makita ng sinuman. Para sa mga anticristo, magiging kapahamakan ito. Kung ang lahat ng tao ay nagpatotoo sa Diyos at regular na nagbahaginan sa katotohanan, kung kayang maunawaan ng lahat ang katotohanan, mapangasiwaan ang mga usapin ayon sa mga prinsipyo, hanapin ang katotohanan at magdasal at tumawag sa Diyos kapag nahaharap sa mga isyu, ano na ang magiging papel nila? Hindi hinahangad ng mga anticristo ang katotohanan, kaya wala silang magiging papel; magiging mga dekorasyon na lang sila. Kung naging mga dekorasyon na sila, at wala nang pumansin sa kanila, matatanggap ba nila ito? Hindi, hindi nila ito matatanggap. Mag-iisip sila ng mga paraan para sagipin ang sitwasyon. Nagtataglay ng buktot na disposisyon at buktot na diwa ang mga anticristo—maiisip ba nilang mabubunyag sila kung naghangad ng katotohanan ang lahat ng kapatid? Napakasama ng mga anticristo, at hindi nila hinahangad ang katotohanan; sila ay buktot, mapanlinlang, lihim na mapanira, at hindi nila minamahal ang mga positibong bagay. Kung nauunawaan ng lahat ang katotohanan, magkakaroon sila ng pagkilatis sa mga anticristo. Alam ba ito ng mga anticristo? Oo, alam nila. Nadarama nila ito sa espiritu nila. Para itong kapag nagpunta ka sa isang lugar at may nakaharap kang masamang espiritu. Kapag tumingin sa iyo ang masamang espiritu, hindi ka nito nagugustuhan, at sa isang tingin lang, kasuklam-suklam na para sa iyo ang masamang espiritu, at ayaw mong makipag-usap dito. Sa katunayan, hindi pa ito nakasakit sa damdamin mo o nakapinsala sa iyo, pero nasusuklam ka kapag tinitingnan mo ito, at mas lalo kang nasusuklam kapag nakikinig ka sa pagsasalita nito. Sa realidad, hindi ka nito kilala, at hindi mo ito kilala. Ano ang nangyayari dito? Nadarama mo sa espiritu mo na kayong dalawa ay hindi magkauri. Ang mga anticristo ay mga kaaway ng hinirang na mga tao ng Diyos. Kung wala kang pandama o kamalayan kapag nakikisalamuha ka sa kanila, hindi ba't talagang manhid ka? Ipagpalagay nating kapag hindi masyadong nagsasalita ang isang anticristo, at nagsasabi lamang ng ilang salita habang ipinapahayag ang isang argumento, nagpapahayag ng pananaw, o nagkikimkim ng isang partikular na saloobin sa kanyang mga kilos, hindi mo kayang makita nang malinaw ang mga bagay na ito. Kung nakikisalamuha ka sa kanya sa loob ng mahabang panahon, at wala ka pa ring ganitong kamalayan, at isang araw ay inilarawan siya ng ang Itaas bilang isang anticristo, at sa wakas ay doon ka lang nakaunawa at nakaramdam ng kaunting takot, iniisip mo, "Paanong hindi ko nakilatis ang gayon kahalatang anticristo! Muntik na iyon!" siguradong napakabagal mong umunawa at napakamanhid mo!

May isang halatang katangian ang kabuktutan ng mga anticristo, at ibabahagi Ko sa inyo ang sekreto sa pagkilatis dito: Ito ay na kapwa sa kanilang pananalita at sa kilos, hindi mo maarok ang kaibuturan nila o makilatis ang puso nila. Kapag kinakausap ka nila, umiikot ang mga mata nila, at hindi mo malaman kung anong klaseng pakana ang binabalak nila. Minsan, pinaparamdam nila sa iyo na tapat o talagang sinsero sila, pero

hindi ito totoo—hindi mo sila kailanman makikilatis. May partikular kang nararamdaman sa puso mo, nararamdaman mo na may natatago silang intensyon sa mga isipan nila, isang di-maarak na kalaliman, na sila ay mapanlinlang. Ito ang unang katangian ng kabuktutan ng mga anticristo, at ipinapahiwatig nito na nagtataglay ng katangian ng kabuktutan ang mga anticristo. Ano ang pangalawang katangian ng kabuktutan ng mga anticristo? Ito ay na lahat ng sinasabi at ginagawa nila ay napakamapanlihis. Saan ito naipapakita? Sa kanilang partikular na kahusayan sa pagsusuri ng mga sikolohiya ng mga tao, sa pagsasabi ng mga bagay na tugma sa mga kuru-kuro at imahinasyon ng mga tao at na madaling tanggapin. Gayumpaman, may isang bagay na dapat mong makilatis: Hindi nila kailanman isinasabuhay ang magagandang bagay na sinasabi nila. Halimbawa, nagpapangaral sila ng doktrina sa iba, sinasabi sa kanila kung paano maging matatapat na tao, at kung paano magdasal at hayaan ang Diyos na maging panginoon nila kapag may nangyayari sa kanila, pero kapag may nangyayari sa mga anticristo mismo, hindi nila isinasagawa ang katotohanan. Ang pawang ginagawa nila ay kumilos ayon sa sarili nilang kalooban, at mag-isip ng napakaraming paraan para sila mismo ang makinabang, inuutusan nila ang iba na pagsilbihan sila at pangasiwaan ang kanilang mga usapin. Hindi sila kailanman nagdarasal sa Diyos o hindi nila hinahayaan Siyang maging panginoon nila. Sinasabi nila ang mga bagay na magandang pakinggan, pero hindi naaayon ang mga kilos nila sa sinasabi nila. Ang una nilang isinasaalang-alang kapag kumikilos sila ay kung ano ang pakinabang nito sa kanila; hindi nila tinatanggap ang mga pamamatuha at pagsasaayos ng Diyos. Nakikita ng mga tao na hindi sila masunurin sa paggawa ng mga bagay, na palagi silang naghahanap ng paraan para makinabang at umusad. Ito ang mapanlinlang at buktot na bahagi ng mga anticristo na kayang makita ng mga tao. Kapag gumagawa ang mga anticristo, minsan, kaya nilang tiisin ang hira at magbayad ng halaga, nagagawa pa nga nilang isakripisyo minsan ang pagtulog at ang pagkain, pero ginagawa lang nila ito para magkamit ng katayuan o maging kilala. Pinagdurusahan nila ang paghihirap alang-alang sa mga ambisyon at layon nila pero pabaya sila sa mahalagang gawaing isinasaayos ng sambahayan ng Diyos para sa kanila, na hindi nila isinasakatuparan talaga. Kaya, mapagpasakop ba sila sa mga pagsasaayos ng Diyos sa lahat ng ginagawa nila? Ginagawa ba nila ang kanilang mga tungkulin? May problema rito. May isa pang klase ng pag-uugali, iyon ay na kapag nagbibigay ng iba't ibang opinyon ang mga kapatid, tatanggihan ng mga anticristo ang mga ito sa isang paligoy-ligoy na paraan, nagpapaikot-ikot sila sa pagtatalakay, ipinapaisip nila sa mga tao na nakipagbahaginan at nakipagtalakayan ang mga anticristo sa kanila tungkol sa mga bagay-bagay—pero sa huli, dapat gawin ng lahat ang sinasabi ng mga anticristo. Palagi silang naghahanap ng paraan para tanggihan ang mga mungkahi ng ibang tao, para sundin ng mga tao ang mga ideya ng anticristo at gawin ang sinasabi nila. Paghahanap ba ito sa mga katotohanang prinsipyo? Siguradong hindi. Kung gayon, ano ang prinsipyo ng gawain nila? Ito ay na dapat makinig at sumunod sa kanila ang lahat, na walang sinumang mas dapat pakinggan kaysa sa kanila, at na

pinakamagaling at pinakamataas ang mga ideya nila. Ipaparamdam ng mga anticristo sa lahat na tama ang sinasabi nila, na katotohanan ang mga ito. Hindi ba't buktot ito? Ito ang ikalawang katangian ng kabuktutan ng mga anticristo. Ang pangatlong katangian ng kabuktutan ng mga anticristo ay na kapag nagpapatotoo sila sa sarili nila, madalas silang nagpapatotoo sa mga kontribusyon nila, sa mga paghihirap na pinagdusahan nila, at sa mga kapaki-pakinabang na bagay na nagawa nila para sa lahat, ibinabaon ito sa isipan ng mga tao, para maalala ng mga tao na nakikinabang sila sa liwanag ng mga anticristo. Kung pinupuri o pinasasalamatan ng isang tao ang isang anticristo, maaaring magsalita pa ito ng mga napakaespirituwal na salita, tulad ng, "Salamat sa diyos. Gawa itong lahat ng diyos. Ang biyaya ng diyos ay sapat para sa atin," para makita ng lahat na talagang espirituwal siya, at na isa siyang mabuting lingkod ng Diyos. Sa realidad, itinataas at pinatotohanan niya ang sarili niya, at talagang walang lugar para sa Diyos sa puso niya. Sa isip ng ibang mga tao, ang katayuan ng anticristo ay nalampasan na nang husto ang katayuan ng Diyos. Hindi ba't isa itong tunay na katibayan ng pagpapatotoo ng mga anticristo sa sarili nila? Sa mga iglesia kung saan isang anticristo ang may kapangyarihan at kontrol, siya ang may pinakamataas na katayuan sa puso ng mga tao. Pumapangalawa o pumapangatlo lang ang Diyos. Kung pupunta ang Diyos sa isang iglesia kung saan isang anticristo ang humahawak ng kapangyarihan at may sasabihin Siyang isang bagay, sasang-ayunan ba ng mga tao roon ang sasabihin ng Diyos? Taos-puso ba nilang tatanggapin ito? Hindi masasabi. Sapat na patunay ito kung gaano pinagsisikapan ng mga anticristo ang pagpapatotoo sa sarili nila. Hindi man lang sila nagpapatotoo sa Diyos, bagkus ay ginagamit nila ang lahat ng pagkakataon nilang magpatotoo sa Diyos para magpatotoo sa sarili nila. Hindi ba't lihim na mapanira ang taktikang ito na ginagamit ng mga anticristo? Hindi ba't napakabuktot nito? Sa pamamagitan ng tatlong katangiang ito na pinagbahaginan dito, madali nang makilatis ang mga anticristo.

May isa pang katangian ang mga anticristo, at isa rin itong malaking pagpapamalas ng buktot na disposisyon nila. Ito ay na paano man makipagbahaginan ang sambahayan ng Diyos tungkol sa katotohanan, paano man makipagbahaginan ang hinirang na mga tao ng Diyos tungkol sa kanilang pagkakilala sa sarili, o paano man nila tanggapin ang paghatol, pagkastigo, at pagpupungos, binabalewala ito ng mga anticristo. Hinahangad pa rin nila ang kasikatan, pakinabang, at katayuan, at hindi nila kailanman binibitiwan ang kanilang intensyon at pagnanais na magtamo ng mga pagpapala. Sa isipan ng mga anticristo, basta't nagagawang gampanan ng isang tao ang isang tungkulin, magbayad ng halaga, at dumanas ng kaunting hirap, dapat silang pagpalain ng Diyos. Kaya nga, matapos gawin ang gawain ng iglesia sa loob ng ilang panahon, sinisimulan nilang bilangin ang trabahong nagawa nila para sa iglesia, ang mga naiambag nila sa sambahayan ng Diyos, at ang nagawa na nila para sa mga kapatid. Matibay nilang isinasaisip ang lahat ng ito, hinihintay nilang makita kung ano-ano ang mga matatamo nilang mga biyaya at pagpapala mula sa Diyos dahil dito, upang matukoy nila kung sulit ba ang ginagawa nila. Bakit palagi silang nag-aabala sa gayong mga bagay? Ano ang hinahangad nila sa kaibuturan

ng kanilang puso? Ano ang layon ng kanilang pananalig sa Diyos? Sa simula pa lamang, ang kanilang pananampalataya sa Diyos ay tungkol na sa pagtatamo ng mga pagpapala. At ilang taon man sila makinig sa mga sermon, ilang salita man ng Diyos ang kainin at inumin nila, ilang doktrina man ang maunawaan nila, hinding-hindi nila bibitiwan ang kanilang hangarin at intensyong pagpalain. Kung hihilingin mo sa kanilang maging masunuring nilalang at tanggapin ang kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos, sasabihin nila, “Walang kinalaman iyan sa akin. Hindi iyan ang dapat kong pagsumikapan. Ang dapat kong pagsumikapan ay: kapag tapos na ang laban ko, kapag nagawa ko na ang hinihinging pagsisikap at natiis na ang hinihinging hira—kapag nagawa ko na ito ayon sa hinihingi ng diyos—dapat akong gantimpalaan ng diyos at tulutan akong manatili, at maputungan ng korona sa kaharian, at makahawak ng mas mataas na posisyon kaysa sa mga tao ng diyos. Dapat ay ako ang mamahala sa dalawa o tatlong lungsod, kahit papaano.” Ito ang pinakamahalaga para sa mga anticristo. Paano man magbahagi ang sambahayan ng Diyos tungkol sa katotohanan, hindi maiwawaksi ang intensyon at pagnanais ng mga anticristong matamo ang mga pagpapala; kauri sila ni Pablo. Hindi ba’t nagkikimkim ng isang uri ng buktot at malupit na disposisyon ang gayon kahayag na transaksyon? Sinasabi ng ilang relihiyosong tao, “Ang aming henerasyon ay sinusundan ang diyos sa landas ng krus. Pinili kami ng diyos, kaya nga may karapatan kaming mapagpala. Nagtiis kami at nagbayad ng halaga, at nakainom na kami mula sa mapait na saro. Ang ilan sa amin ay naaresto pa nga at nahatulang mabilanggo. Matapos tiisin ang lahat ng hira na ito, marinig ang napakaraming sermon, at matuto ng napakarami tungkol sa Bibliya, kung isang araw ay hindi kami pagpalain, aakyat kami sa ikatlong langit at makikipagtalo sa diyos.” May narinig na ba kayong katulad nito? Sinasabi nila na pupunta sila sa ikatlong langit para makikipagtalo sa Diyos—gaano kamapangahas iyon? Hindi ka ba natatakot na marinig man lamang ito? Sino ang nangangahas na subukang makikipagtalo sa Diyos? Sa kabutihang palad, matagal nang umakyat sa langit ang Jesus na pinananampalatayaan nila. Kung nasa lupa pa rin si Jesus, hindi ba’t susubukan nilang ipako Siyang muli sa krus? Siyempre, maaaring sa umpisa ay makapangyarihan at kahanga-hanga ang gayong mga salita para sa ilang tao kapag nagsimula pa lang silang manampalataya sa Diyos, iniisip nila na dapat magkaroon ng ganitong lakas ng loob at determinasyon ang mga tao. Pero, sa inyong pananampalataya hanggang ngayon, ano ang tingin ninyo sa mga salitang ito? Hindi ba’t mga arkanghel ang gayong mga tao? Hindi ba’t mga Satanas sila? Puwede kang makikipagtalo sa sinuman pero hindi sa Diyos. Hindi mo dapat gawin ang gayong bagay, o isipin mang gawin ito. Galing sa Diyos ang mga pagpapala: ibinibigay Niya ang mga ito sa kanino man Niya gusto. Kahit na matugunan mo ang mga kondisyon sa pagtanggap ng mga pagpapala at hindi ipinagkakaloob ng Diyos ang mga ito sa iyo, hindi ka pa rin dapat makikipagtalo sa Diyos. Nasa ilalim ng pamumuno ng Diyos ang buong sansinukob at ang buong sangkatauhan; ang Diyos ang nagpapasya. Paanong ikaw, na isang maliit na tao, ay nangangahas na makikipagtalo sa Diyos? Paanong

masyado kang tiwala sa mga abilidad mo? Bakit hindi ka manalamin para makita mo kung sino ka? Sa pangangahas na tumutol at makipagtalo laban sa Lumikha sa ganitong paraan, hindi ba't naghahangad ka ng kamatayan? Ang "Kung isang araw ay hindi kami pagpalain, aakyat kami sa ikatlong langit at makikipagtalo sa diyos" ay isang pahayag na hayagang tumututol laban sa Diyos. Anong klaseng lugar ba ang ikatlong langit? Dito nakatira ang Diyos. Katumbas ng pagtatangkang "pabagsakin" ang Diyos ang mangahas na pumunta sa ikatlong langit para makipagtalo sa Diyos! Hindi ba't ganito ang sitwasyon? Maaaring magtanong ang ilan, "Ano naman ang kinalaman nito sa mga anticristo?" Malaki ang kinalaman nito sa kanila, dahil mga anticristo ang lahat ng gustong pumunta sa ikatlong langit para makipagtalo sa Diyos. Mga anticristo lamang ang kayang magsabi ng mga gayong bagay. Ang mga ganitong salita ang boses na kinikimkim ng mga anticristo sa kaibuturan ng kanilang puso. Ito ang kabuktutan nila. Kahit na maaaring hindi hayagang sabihin ng mga anticristo ang mga salitang ito, talagang kinikimkim nila ang mga bagay na ito sa puso nila, hindi lang sila nangangahas na ibunyag ang mga ito, at hindi nila ipinapaalam sa sinuman ang tungkol sa mga ito. Gayumpaman, nag-aalab na gaya ng hindi mapatay na apoy ang mga pagnanais at ambisyon sa kaibuturan ng kanilang puso. Bakit ganito? Dahil hindi mahal ng mga anticristo ang katotohanan. Hindi nila mahal ang pagiging patas at matuwid ng Diyos, ang paghatol at pagkastigo ng Diyos, at siguradong hindi nila mahal ang pagkamakapangyarihan-sa-lahat, karunungan ng Diyos, at ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay. Hindi nila mahal ang anuman sa mga ito—kinamumuhian nila ang mga ito. Kaya, ano ang mahal nila? Mahal nila ang katayuan at pinapahalagahan nila ang mga gantimpala. Sinasabi nila, "May mga kaloob, talento, at abilidad ako. Nagtrabaho ako para sa iglesia, kaya dapat akong suklian at gantimpalaan ng diyos!" Hindi ba't may problema sila? Hindi ba't paghahangad ito ng kamatayan? Hindi ba't direktang paghamon ito sa Diyos? Hindi ba't paghamon ito sa Lumikha? Ang mangahas na itutok ang kanilang mga sibat nang direkta sa Diyos, sa Lumikha—ay isang bagay na ang arkanghel, si Satanas lang, ang makagagawa. Kung talagang may mga taong may gayong mga pananaw, na may kakayahang gawin ang gayong mga kilos, kung gayon, walang duda na mga anticristo sila. Sa lupa, ang mga anticristo lamang ang nangangahas na hayagang labanan at husgahan ang Diyos nang ganito. Maaaring sabihin ng ilan, "Hindi ganito kapangahas o kawalang-pakundangan ang mga anticristong nakita namin." Kailangan itong tingnan ayon sa konteksto at kapaligirang kinaroroonan ng mga anticristo. Paano sila nangangahas na ipakita ang pagkaagresibo nila kung hindi pa sila lubos na nagkakamit ng kapangyarihan at hindi pa nila naitatatag ang sarili nila? Ang mga anticristo ay marunong magtimpi, naghihintay silang dumating ang tamang pagkakataon para bumangon. Kapag dumating na ang oras nila, ganap na malalantad ang kanilang pagkaagresibo. Bagaman mahusay na naitatago ng ilang anticristo ang tunay nilang kulay habang wala silang katayuan, at walang mga isyung makikita sa kanila sa panlabas, kapag nagkamit na sila ng katayuan at naitatag na nila

ang sarili nila, ganap na nabubunyag ang kabuktutan at kapangitan nila. Katulad ito ng ilang tao na walang katotohanang realidad. Kapag wala silang anumang katayuan, napipilitan lamang silang magpasakop sa pagpupungos, at sa puso nila ay hindi sila tutol. Gayumpaman, kapag naging lider at manggagawa na sila at nagkamit ng kaunting katanyagan sa hinirang na mga tao ng Diyos, kapag pinungusan sila, malaki ang tsansang ilalantad nila ang tunay nilang pagkatao, at magsisimula silang makipagtalo sa Diyos at tumutol laban sa Kanya. Katulad ito ng kung paanong maayos na ginagawa ng ilang tao ang kanilang mga tungkulin at walang anumang reklamo sa mga normal na sitwasyon, pero kapag naharap sa kanser at malapit nang mamatay, malaki ang tsansang ilantad nila ang kanilang totoong pagkatao. Magsisimula silang magreklamo tungkol sa Diyos, makipagtalo sa Kanya, at tumutol laban sa Kanya. Tutol at galit sa katotohanan ang mga anticristo, ang grupong ito ng mga tao, at hindi nila kailanman isinasagawa ang katotohanan. Kung gayon, kahit pagkatapos nilang malantad at mabunyag, bakit handa pa rin silang magtrabaho sa iglesia, at maging ang pinakamaliliit na tagasunod? Ano ang nangyayari? May layon sila: Hindi nila kailanman binitawan ang kanilang intensyon na magtamo ng mga pagpapala. Ang mentalidad nila ay, “Kakapit akong mabuti sa pinakahuling pag-asa na ito. Kung hindi ako makakatamo ng mga pagpapala, hindi ko kailanman titigilan ang diyos. Kung hindi ako makakatamo ng mga pagpapala, ibig sabihin ay hindi diyos ang diyos!” Anong klaseng disposisyon ito? Ang mangahas na walang pakundangang itatwa ang Diyos at tumututol laban sa Kanya—kabuktutan ito. Basta’t mayroon silang kahit kaunting pag-asang magtamo ng mga pagpapala, mananatili sila sa sambahayan ng Diyos at maghihintay sa mga pagpapalang iyon. Paano ito mapagmamasdan? Katulad sila ng mga Pariseo, palaging nagkukunwaring mabuti—hindi ba’t halata naman ang intensyon at layon sa likod nito? Gaano man magmukhang mabuti ang kanilang pag-uugali sa labas, gaano man sila nagdurusa sa panlabas, hindi nila kailanman isinasagawa ang katotohanan, hindi nila hinahanap ang katotohanan kapag kumikilos sila, o hindi sila nagdarasal sa Diyos at hindi nila hinahanap ang mga layunin Niya. Hindi nila kailanman ginagawa ang mga bagay na gusto ng Diyos. Sa halip, ginagawa nila kung ano ang handa silang gawin at kung ano ang gusto nila, nagsisikap lamang na matugunan ang sarili nilang ambisyon at pagnanais para sa mga pagpapala. Hindi ba’t mamomroblema sila dahil dito? Hindi ba’t inilalantad nito ang diwa ng mga anticristo? Ang gusto at hinahangad nila ay kumakatawan lang sa satanikong disposisyon ng mga anticristo. Tinatrato nila ang kanilang minamahal at hinahangad bilang mga positibong bagay na nagpapalugod sa Diyos, at sinusubukan nilang tanggapin at pagpalain Niya ang mga ito. Naaayon ba ito sa mga katotohanang prinsipyo? Hindi ba’t pagsalungat ito sa Diyos at paglaban sa Kanya? Sinusubukang makipagtawaran ng mga anticristo sa Diyos sa bawat pagkakataon. Ginagamit nila ang sarili nilang pagdurusa at pagbabayad ng halaga para humingi ng mga gantimpala at korona sa Diyos, para ipagpalit ang mga ito sa isang mabuting hantungan. Pero hindi ba’t nagkamali sila ng pagkalkula? Sa paglaban sa

Diyos sa ganitong paraan, paanong hindi nila matatanggap ang kaparusahan ng Diyos? Ito ang nararapat sa kanila dahil sa kanilang mga kasalanan. Ito ang ganting-parusa.

Minsan, may isang anticristo na may kaunting alam sa kasanayan ng pag-awit at pagsasayaw, at noong panahong iyon, isinaayos na pangunahan niya ang mga kapatid sa koro para matutuhan nila ang kasanayang ito. Bata pa ang mga kapatid na iyon, at hindi pa masyadong matagal na nananampalataya sa Diyos ang karamihan sa kanila; masigasig lang talaga sila at handang gawin ang kanilang mga tungkulin, iyon lang, pero hindi nila nauunawaan ang katotohanan, at hindi pa nga nakakapaglatag ng pundasyon ang ilan sa kanila. Habang gumagawa ang anticristong iyon, ginabayan niya sila para maranasan nila ang pakiramdam sa gawain ng Banal na Espiritu, pinaparanas sa kanila ang pagkakaiba ng pakiramdam sa presensiya ng Diyos at ng kawalan ng presensiya ng Diyos—palagi niyang sinasanay ang mga ito na umasa sa mga nararamdaman nila. Hindi niya nauunawaan ang katotohanan, at wala rin siyang anumang tunay na karanasan, pero iniligaw at inilihis niya nang ganito ang mga kapatid batay sa kanyang mga kuru-kuro at imahinasyon. Alam ng ang Itaas na wala siyang katotohanang realidad, at hiniling lang sa kanya na ituro at ipaliwanag ang kasanayang ito. Ang tuparin ang aspektong ito ng kanyang tungkulin ay maituturing nang pasok sa pamantayan at pagtupad na sa kanyang mga responsabilidad. Pero gusto pa rin niyang “pagbahaginan ang katotohanan,” at himukin ang mga tao na arukin ang kanilang mga nararamdaman at umasa sa kanilang mga nararamdaman. Sa pagkilos nang ganito, hindi ba’t magiging madali sa kanya na madala ang mga tao sa supernatural na pakiramdam sa isang gawain ng masamang espiritu? Napakamapanganib nito! Kapag kinuha ng isang masamang espiritu ang pagkakataong gaya nito at sinapian ang isang tao, wasak na ang taong iyon. Sa panahon ng pagsasanay, pinagdasal niya ang mga tao, at pagkatapos nilang magdasal, pinatingnan niya sa kanila kung paano gumagawa ang Banal na Espiritu, at kung sila ay pinagpapawisan, umiiyak, o kapag may iba silang nararamdaman sa katawan nila. Binigyang-diin niya ang mga ito, pero sa realidad, malinaw nang naipaliwanag ang mga ito. Napakaraming katotohanan, pero hindi siya nakipagbahaginan tungkol sa mga ito, ni hindi niya inakay ang mga tao na kainin at inumin ang mga salita ng Diyos, at nabigo siyang asikasuhin ang wasto niyang gawain. Hindi niya pinayagan ang mga kapatid na bumuo ng mga sayaw, sa halip ay hinayaan niya ang lahat na sumayaw sa entablado ayon sa gusto ng puso nila, na mag-improbisa ayon sa gusto nila, sinasabi pa niya, “Ayon lang ito, pinapangunahan kami ng diyos, kaya hindi kami natatakot, gumagawa ang banal na espiritu!” Hindi naunawaan ng anticristong ito ang katotohanan, kaya palagi siyang gumagawa ng mga kahangalan. Walang kahit na anong pagkilatis ang mga kapatid, kaya nakinig sila sa kanya at nagsimulang magdasal, “O Diyos, pakiusap gumawa Ka, O Diyos, pakiusap gumawa Ka....” Sinubukan nila ang makakaya nila para magdasal “nang buong puso,” at umiyak pa nga sila pagkatapos magdasal, at pagkatapos, umakyat sila sa entablado at nag-improbisa ng mga sayaw. Naramdaman ng mga nanonood sa ibaba ng entablado na napakaganda ng atmospera at na gumagawa ng makapangyarihang

gawain ang Banal na Espiritu! Umiiyak sila habang pinanonood ang iba na sumasayaw, na para bang naramdaman nila ang gawain ng Banal na Espiritu. Sa huli, inirekord ng mga taong ito ang lahat ng bagay na ito at kumuha sila ng mga litrato para makita Ko. Ang ilang tao sa mga litrato ay umiiyak habang nakapikit, at sa gitna ng taglamig ay namumula ang mga mukha nila sa init. Nakita Kong papalapit na ang panganib, at na mawawasak niya ang mga taong ito. Hiniling lang sa kanya na ituro ang kasanayan, at hindi niya nauunawaan ang kahit anong katotohanan. Pikit-mata lang siyang kumilos batay sa mga imahinasyon niya, gustong madama ang pakiramdam ng gawain ng Banal na Espiritu. Usapin ba ng mga damdamin ang gawain ng Banal na Espiritu? Kailangan mong maunawaan ang katotohanan—iyon ang tunay. Walang kabuluhan at walang silbi ang mga damdamin lang. Kaya mo bang maunawaan ang katotohanan at mga layunin ng Diyos batay sa mga nararamdaman mo? Hinding-hindi. Hindi mo kailangang maghanap ng damdamin, kailangan mo lang hanapin ang mga prinsipyo at mga layunin ng Diyos batay sa mga salita ng Diyos, at pagkatapos ay ikumpara mo ang mga ito sa mga bagay na nangyayari sa iyo—napakapraktikal nito, at dahan-dahan mong mauunawaan ang katotohanan. Kapag nagsagawa ka ayon sa mga salita ng Diyos, natural na magsisimulang gumawa ang Banal na Espiritu. Kahit na hindi gumawa ang Banal na Espiritu, dahil nagsagawa ka ayon sa mga salita ng Diyos, kikilalanin ka ng Diyos bilang tagasunod Niya—napakapraktikal nito, ito ang pinakatotoong bagay. Hindi nakipagbahaginan sa ganitong paraan ang anticristong iyon, bagkus ay patuloy niyang hinikayat ang mga taong iyon na maghanap ng mga damdamin, ng mga bagay gaya ng mga tanda at kababalaghan, at ng mga panaginip. Isa itong hindi bihasang tao na walang espirituwal na pang-unawa na pinamumunuan ang isang grupo ng mga hangal at mangmang na bata para gumawa ng mga katawa-tawang bagay. Umiiyak at lumuluha ang mga tao sa mga litrato. Ano ang kinakatawan niyon? Wala itong kahit anong kinakatawan, pero may isang bagay na nagpapaliwanag sa kalikasan ng ginagawa niya. Kinuhaan ng litrato ng anticristong ito ang lahat ng bagay na ito at pinangalanan ang mga ito bilang “mga detalye ng gawain ng Diyos.” Ano ang mga “detalyeng” ito? Hindi nauunawaan ng mga taong iyon ang katotohanan, hinanap nila ang pakiramdam ng gawain ng Banal na Espiritu at nag-iimprobisa nang walang dahilan, at iba ang sayaw nila sa bawat pagkakataon, dahil sa bawat pagkakataon ay iba ang damdamin, at iba ang “pangunguna” ng Diyos—iyon ang mga “detalye.” Ano pa ang kasama sa mga “detalye” na iyon? Sinabi rin ng anticristo na mga resulta ang mga iyon ng gawain ng Banal na Espiritu. Nang sinabi niya ito, lalong nasabik ang mga kapatid, na para bang bigla na lang malaki ang inilago ng pananalig at tayog nila. Bakit niya sinabing “mga detalye”? Saan galing ang mga salitang “mga detalye”? Minsan Ko nang nabanggit ang mga detalye ng gawain ng Diyos. Ano ang tinutukoy ng mga detalyeng ito? Mga resulta ang mga iyon ng gawain ng Diyos sa mga tao na kayang makita at maarok ng tao, at hindi supernatural ni malabo ang mga iyon. Kaya mong maramdaman ang mga iyon. Ganoon ang mga iyon kapag ang Diyos ay maraming nagawang gawain sa iyo, nagsabi

ng maraming salita sa iyo, nagdanak ng dugo ng Kanyang puso, at binago ang paraan ng pag-iral mo, ang mga pananaw mo sa bagay-bagay, ang saloobing kinikimkim mo habang ginagawa ang mga bagay-bagay, ang saloobin mo sa Diyos, pati na rin ang ibang bahagi mo. Ibig sabihin, ang mga iyon ang mga nakamit at bunga ng gawain ng Diyos—ito ang ibig sabihin ng mga detalye. Tinawag din na “mga detalye” ng anticristong iyon ang mga ginawa niya. Kung isasantabi natin sa ngayon ang kalikasan ng mga bagay na ito, ano ang makikita ninyo sa pagsusuri lang ng pariralang ito? Gumagawa ang Diyos sa mga tao, at sinabi Niya na makikita ng mga tao ang mga detalye ng gawaing ginagawa Niya sa kanila, pero inaakay ng anticristong ito ang lahat na magwala, at ginulo niya ang lahat ng bagay, pero tinatawag niya rin ang mga ito na “mga detalye”—ano ang sinusubukan niyang gawin? (Gusto niyang maging kapantay ng Diyos.) Tama. Saan nanggaling ang paggamit niya sa mga salitang “mga detalye”? Galing ito sa pagnanais niyang maging kapantay ng Diyos at gayahin ang Diyos. Sa paggamit ng salitang ito, ang ibig niyang sabihin ay, “Gumagawa nang may mga detalye ang Diyos, at ang ipinapagawa ko rin sa mga taong ito ay may mga detalye.” Ang panuring para sa “mga detalye” ay “ng gawain ng Diyos,” pero sa katunayan, sa puso niya ay iniuugnay niya sa sarili niya ang mga resulta ng mga detalye ng gawain ng Banal na Espiritu, na siyang ginagawa ng mga anticristo. Tuwing may pagkakataon na maging sentro ng atensiyon, tuwing may kaunting pagkakataon, hindi nila ito pakakawalan; makikipagkompetensiya sila sa Diyos para sa mga tao. Para sa anong klaseng mga tao sila nakikipagkompetensiya? Hindi nauunawaan ng ilan sa kanila ang katotohanan, hindi nila kayang kumilatis ng mga tao ayon sa mga katotohanang prinsipyo, at mga hangal at mangmang sila; hindi naghahangad ng katotohanan ang ilan sa kanila, at gusto nilang sumunod sa karamihan at kumilos nang pikit-mata sa panlabas; at may ilan din na mga bagong mananampalataya at may mababaw na pundasyon—hindi pa nila nauunawaan kung ano ba talaga ang ibig sabihin ng pananampalataya sa Diyos, at inililigaw sila ng mga anticristo. Kalaunan, maagap na napigilan ang pag-uugaling ito. Ang katunayang napigilan ito ay hindi napakaekstraordinaryo, pero nangangahulugan ito na sabay-sabay nang nalantad ang mga kahangalan na ginawa ng anticristo. Habang nagbabahaginan ang lahat at binabalikan nila ito, sinabi nila, “Bago dumating ang anticristong ito, bagama’t minsan ay hindi namin alam ang gagawin sa usapin ng mga propesyonal at teknikal na aspekto ng pag-awit, kapag umaawit kami, nadarama naming kaya namin itong maisapuso, at na kaya naming awitin ang bawat salita nang may puso. Nang dumating na siya at nagsalita tungkol sa ilang propesyonal na teorya, nawalan kaming lahat ng gana at ayaw na naming umawit, dahil hindi namin malasap ang sinasabi ng Diyos sa bawat salita—hindi namin maramdaman ang Diyos.” Hindi ba’t may problema ang mga taong ito? Sa sandaling iunat ng mga anticristo ang kamay nila para kumilos, ang kahirinatnang idinudulot nila ay iyong hindi na nararamdaman ng mga tao kung nasaan ang Diyos, at hindi na nila alam kung paano kumilos nang angkop. Hindi na nila alam ang direksiyon nila. Kapag hindi na nararamdaman ng mga tao ang Diyos, matutupad pa rin ba nila ang

mga tungkulin nila? Kaya pa rin ba nilang gawin ang mga bagay-bagay nang may katapatan para makapagpatotoo sa Diyos? Pagkatapos magawang tiwali ni Satanas ang mga tao, nagkaroon na sila ng partikular na katangian, iyon ay ang pagkahilig na sumunod sa karamihan. Para silang mga langaw: Hindi kailangang magkaroon ng malinaw na layon, basta't may isang lider, pikit-matang makikisawsaw sa kanila ang ibang tao, dahil mas masigla kapag ganoon, at kapag kumikilos sila sa ganoong paraan ay hindi nila kailangang pigilan ang sarili nila, walang kahit katiting na moralidad sa mga kilos nila, at walang kumikilos nang ayon sa mga prinsipyo. Hindi nila kailangang manalangin o maghanap, hindi nila kailangang maging madasalin o tahimik; basta't may ulo sila at nakakahinga, puwede silang kumilos nang ganoon. Hindi ba't halos katulad ito ng mga hayop? Dahil nagtataglay ng ganitong katangian ang mga tiwaling tao, madali silang naililigaw, pero kung nauunawaan mo ang katotohanan at kaya mong kilatisin ang mga bagay na ito, hindi ka napakadaling maililigaw. Pagkatapos mailantad ang anticristong ito, hinimay ng lahat ang mga mapanlihis na bagay na sinabi niya, at ang mga taktikang ginamit niya para kumilos sa ganoong paraan, kinumpara nila ang mga ito sa mga salita ng Diyos. Napagtanto nila na talagang magaling ang taong ito sa panlilihis sa mga tao, na ginulo niya ang mga bagay-bagay, at kahit na talagang mukhang kahanga-hanga ang ipinagawa niya sa kanila, at parang nadama nila ang makapangyarihang gawain ng Banal na Espiritu, sa realidad, hindi talaga nila naramdaman ang Diyos. Sa panlabas, mukhang punong-puno ng matinding sigasig ang lahat, at na biglang lumago ang kanilang pananalig at tayog; pero sa realidad, isa itong ilusyon, ang gawa ng isang masamang espiritu. Lumitaw ang mga supernatural na sitwasyong ito, kaya hindi gumawa ang Banal na Espiritu. Sa loob ng ilang panahon pagkatapos nito, sa pamamagitan ng pagbabahaginan sa katotohanan, nagawa nang makilatis ng lahat ang anticristo, at unti-unti nang bumalik sa normal ang mga kalagayan nila. Nailigaw ng anticristo ang mga taong ito, at napalayo na sila sa Akin. Noong nagsalita Ako, tiningnan Ako ng mga tao na parang hindi nila Ako kilala, ayaw nilang sumagot sa mga tanong Ko, at agad kaming naging estranghero sa isa't isa. Naghintay sila na magsalita ang anticristo bago sila sumunod sa anumang; nakinig sila sa anumang sabihin ng anticristo, at kumatawan sa kanila ang anumang sabihin ng anticristo. Kaya, walang boses ang mga taong ito sa anumang bagay, pero handa silang maging walang boses sa anumang bagay; naghintay silang magsalita siya at nagpakontrol sila sa kanya. Ginagawa ng masasamang espiritu at mga anticristo ang gayong mga bagay para iligaw ang mga tao.

Puwedeng maipahayag nang malinaw sa mga salita at mahimay ang ilang buktot na bagay, pero ang iba ay masasabi lamang na may masasamang espiritong gumagawa sa loob ng mga iyon, at hindi kayang maipahayag nang malinaw sa mga salita, puwede lamang makilatis ang mga iyon batay sa iyong mga damdamin o batay sa mga katotohanang nauunawaan mo at sa mga karanasan mo. Mabilis na nakilatis at naharap ang anticristong ito, at bumalik sa normal ang buhay iglesia. Pagkatapos, nananatiling takot ang lahat noong pinagbahaginan nila ang insidenteng ito. Sinabi nila, "Talagang

mapanganib iyon! Matindi tayong pininsala ng diumanong ‘mga pira-pirasong detalye’ ng anticristong iyon na halos nawasak na niya tayo.” Samakatwid, kailangan ninyong matutuhang kilatisin ang mga anticristo. Kung hindi mo sineseryoso ang pagkilatis sa mga anticristo, manganganib ka, at sinong nakakaalam kung kailan o sa kung anong pangyayari ka nila maililigaw. Maaari pa ngang sumunod ka nang may magulong isip sa isang anticristo nang hindi mo alam kung ano ang nangyayari. Hindi mo mararamdaman na may anumang mali rito sa oras na iyon, at mararamdaman mo pa nga na tama ang sinasabi ng anticristong ito—sa ganitong paraan, maililigaw ka nang hindi mo napagtatanto. Ang katunayang nailigaw ka na ay nagpapakita na ipinagkanulo mo na ang Diyos, at mawawalan na ng paraan ang Diyos para iligtas ka. May ilang tao na karaniwang gumagampan nang maayos, pero sa loob ng ilang panahon, nalililang sila ng mga anticristo, at sa huli ay ibinabalik sila ng iglesia sa pamamagitan ng pagsaway at pagbabahaginan. Gayumpaman, may ilan na hindi bumabalik paano man ibahagi sa kanila ang katotohanan, at nagiging determinado sila sa pagsama sa mga anticristo—hindi ba’t ganap na silang nawasak kapag nagkagayon? Mariin silang tumatanggi na bumalik, at hindi na gumagawa ang Diyos sa kanila. Walang pagkilatis ang ilang tao, at naaawa sila sa ganitong klase ng tao, sinasabi nila, “Disente naman ang taong iyon: Maraming taon siyang nanampalataya sa Diyos, at tinalikuran niya ang mga bagay at ginugol ang kanyang sarili; tapat niyang ginagawa ang kanyang tungkulin dati, malaki ang pananalig niya sa Diyos, at isa siyang tunay na mananampalataya—hindi ba’t dapat bigyan natin siya ng isa pang pagkakataon?” Tama ba ang pananaw na ito? Tugma ba ito sa katotohanan? Nakikita lamang ng mga tao ang panlabas ng ibang tao, pero hindi nila nakikita ang puso niya; hindi nila makita nang malinaw kung anong klaseng tao ba talaga siya, o anong klase ng diwa ang mayroon siya. Kailangan nilang makipag-ugnayan sa kanya o obserbahan siya sa loob ng ilang panahon, at kailangan na maharap ang taong iyon sa mga pangyayaring magbubunyag sa kanya para makilatis siya ng mga tao. Bukod dito, kung tutulungan mo ang mga taong ito dahil sa kabutihan ng puso mo, pero hindi sila bumabalik gaano ka man makipagbahaginan sa kanila, hindi mo malalaman kung ano ang dahilan sa likod ng lahat ng ito. Sa realidad, nakilatis at itiniwalag na ng Diyos ang mga taong ito. Bakit sila itiniwalag ng Diyos? Ang pinakaderetsahang dahilan ay na halatang masasamang espiritu ang ilang anticristo, at mailalarawan sila bilang mga anticristo na may mga masamang espiritu na gumagawa sa kanila. Kung susundan sila ng mga tao sa loob ng ilang panahon, didilim ang puso nila, at magiging napakahina nila na bumabagsak sila, na nagpapatunay na matagal na silang sinukuan ng Diyos. May matuwid na disposisyon ang Diyos, at kinamumuhian Niya si Satanas. Dahil sumusunod ang mga taong ito kay Satanas at sa masasamang espiritu, kikilalanin pa rin ba sila ng Diyos bilang mga tagasunod Niya? Ang Diyos ay banal at napopoot sa kasamaan. Ayaw Niya sa mga sumunod sa masasamang espiritu; kahit na iniisip ng iba na mabubuting tao sila, ayaw ng Diyos sa kanila. Ano ang ibig sabihin na kinapopootan ng Diyos ang kasamaan? Ano ang ipinahihiwatig ng “kinapopootan ang kasamaan”? Makinig kayo sa

sasabihin Ko ngayon, at mauunawaan ninyo. Simula nang hirangin ng Diyos ang isang tao, hanggang sa kilalanin ng taong iyon na ang Diyos ang katotohanan, katuwiran, karunungan, at ang pagkamakapangyarihan-sa-lahat, na nag-iisa lamang Siya—kapag naunawaan na nila ang mga bagay na ito, at pagkatapos nilang magkaroon ng ilang karanasan, sa kaibuturan ng kanilang puso ay magkakaroon sila ng pangunahing pagkaunawa sa disposisyon, diwa ng Diyos, at kung ano ang mayroon Siya at ano Siya, at ang pangunahing pagkaunawang ito ay magiging pananalig nila. Magiging motibasyon din nila ito upang sumunod sa Diyos, gugulin ang kanilang sarili para sa Diyos, at gawin ang kanilang tungkulin. Kapag may karanasan na sila, kapag nauunawaan na nila ang katotohanan, at nag-ugat na sa kanilang puso ang kanilang pagkaunawa sa disposisyon ng Diyos at ang kanilang kaalaman sa Diyos—kapag taglay na nila ang ganitong tayog—hindi nila itatatwa ang Diyos. Pero kung wala silang totoong kaalaman kay Cristo, ang praktikal na Diyos, at kung malamang na sumamba at sumunod sila sa isang anticristo, nanganganib pa rin sila. Maaari pa rin nilang talikuran si Cristo sa katawang-tao para sumunod sa isang buktot na anticristo. Magiging hayagang pagtatatwa ito kay Cristo at pagputol ng ugnayan sa Diyos. Ang ipinahihiwatig nito ay: “Hindi ko na sinusundan ang Diyos—sinusundan ko si Satanas. Mahal ko si Satanas at handa akong paglingkuran ito; handa akong sundan si Satanas. Paano man ako tratuhin nito, paano man ako wasakin, tapakan, at gawing tiwali nito, handang-handa ako. Gaano man katuwid at kabanal ang Diyos, gaano man karaming katotohanan ang ipinapahayag Niya, hindi ako handang sundan Siya. Ayaw ko sa katotohanan. Gusto ko ang kasikatan, katayuan, mga gantimpala, at mga korona; kahit na hindi ko matamo ang mga iyon, gusto ko ang mga iyon.” Nang ganoon-ganoon lang, sumunod na sila sa isang taong walang kaugnayan sa kanila, sumama na sila sa isang anticristo na sumasalungat sa Diyos. Gugustuhin pa rin ba ng Diyos ang ganitong tao? Siguradong hindi. Makatwiran ba na hindi sila gusto ng Diyos? Labis itong makatwiran. Mula sa doktrina, alam mo na ang Diyos ay isang Diyos na kinapopootan ang kasamaan, at na Siya ay banal. Nauunawaan mo ang doktrinang ito, pero alam mo ba kung paano tinatrato ng Diyos ang mga ganitong tao? Kung itinataboy ng Diyos ang isang tao, susukuan Niya ito nang walang pag-aatubili. Hindi ba’t totoo ang sinasabi Ko? (Oo.) Totoo ito. Kung ganoon, ang pagsuko ba ng Diyos sa ganitong tao ay nangangahulugan na may malupit Siyang puso? (Hindi.) May prinsipyo ang Diyos sa Kanyang mga kilos. Kung kilala mo kung sino ang Diyos, pero ayaw mong sumunod sa Kanya—kung kilala mo kung sino si Satanas, pero iginigiit mong sumunod dito—hindi ka pupuwersahin ng Diyos. Sige at sundan mo si Satanas magpakailanman. Huwag ka nang bumalik; sinukuan ka na ng Diyos. Paano mauunawaan ng isang tao ang disposisyon ng Diyos? Matuwid at banal ang disposisyon ng Diyos, at may isang elemento sa disposisyon Niya na napopoot sa kasamaan. Sa madaling salita, kung bilang isang nilikha ay handa kang mabulok, ano pa bang masasabi ng Diyos? Hindi kailanman pinupuwersa ng Diyos ang mga tao na gawin ang mga bagay na ayaw nilang gawin. Hindi Niya kailanman pinupuwersa ang mga tao na tanggapin ang katotohanan. Kung

gusto mong mabulok, personal mo nang desisyon iyon—sa huli, ikaw ang magpapasan ng mga kahihinatnan, at sarili mo lang ang masisisi mo. Hindi nagbabago ang mga prinsipyo ng Diyos sa pangangasiwa sa mga tao, kaya kung masaya ka sa kabulukan, hindi maiiwasan na mapaparusahan ka sa huli. Hindi mahalaga kung ilang taon ka nang sumusunod sa Diyos; kung gusto mong mabulok, hindi ka pupuwersahin ng Diyos na magsisi. Ikaw ang handang sumunod kay Satanas, na mailigaw at mawasak ni Satanas, kaya sa huli, ikaw ang dapat magpasan ng mga kahihinatnan. Naaawa ang ilang tao sa mga ganitong tao at nag-aaksaya sila ng kabutihan sa pagtulong sa mga ito, pero paano man sila hikayatin ng mga taong iyon, hindi sila babalik. Ano ang nangyayari dito? Ang katunayan ay na hindi inililigtas ng Diyos ang ganitong tao; ayaw Niya rito. Anong magagawa ng tao roon? Ito ang nakatagong dahilan. Pero kapag hindi makita nang malinaw ng mga tao ang sitwasyon, dapat nilang gawin ang nararapat nilang gawin, at gampanan ang mga obligasyon at responsabilidad na nararapat nilang gampanan. Pagdating sa mga magiging resulta ng paggampan sa mga gampaning ito, kailangan nilang tumingin sa pamumuno ng Diyos. Hindi pa ba ninyo naunawaan nang kaunti ang pariralang “Ang Diyos ay isang Diyos na kinapopootan ang kasamaan” sa pamamagitan ng mga detalyeng ito na tinalakay Ko? Isang aspekto ito nito, na ayaw ng Diyos sa mga may bahid ng masasamang espiritu. Ano ang dahilan kung bakit ayaw ng Diyos sa kanila? Kung pinili mo si Satanas, paanong gugustuhin ka pa rin ng Diyos? Kung pinili mo si Satanas, paanong kaaawaan ka pa rin ng Diyos at paanong pupukawin pa rin ng Diyos ang puso mo para pabalikin ka? May kakayahan ba ang Diyos na gawin iyon? Kayang-kaya Niya iyon, pero pinipili Niyang huwag gawin ang gawaing ito dahil matuwid ang disposisyon Niya, at dahil Siya ay isang Diyos na kinapopootan ang kasamaan.

Noong nakaraan, tumuon ang pagbabahaginan natin sa kung paanong ang pangunahing pagpapamalas ng buktot na diwa ng mga anticristo ay ang pagkamapanlaban at pagkasuklam nila sa lahat ng positibong bagay at katotohanan. Ngayon nagbabahagi Ako mula sa isa pang perspektiba, na minamahal ng mga anticristo ang lahat ng bagay na salungat sa mga positibong bagay. At ano iyon? (Ang mga negatibong bagay.) Tama, mga negatibong bagay ito, ibig sabihin, ang lahat ng bagay na taliwas, salungat, at hindi sang-ayon sa katotohanan. Ayaw ng mga anticristo sa mga positibong bagay, kaya siguradong may mga bagay na gusto nila, tama? At ano ang gusto nila? Gusto nila ang panlalansi at ang mga kasinungalingan, pati na rin ang mga pakana, balak, at taktika. May mga anticristo bang nagbabasa ng Ang Tatlumpu’t Anim na Panlilinlang sa bakanteng oras nila? Sa tingin Ko ay mayroon. Sa tingin mo ba ay binabasa Ko Ang Tatlumpu’t Anim na Panlilinlang? Hindi Ko ito binabasa. Hindi Ko ito pinag-aaralan. Ano ang silbi ng pagbabasa rito? Nasusuya at nasusuka Ako sa pagbabasa nito. Ano ang nararamdaman ninyo pagkatapos basahin Ang Tatlumpu’t Anim na Panlilinlang? Hindi ba’t mas lalo pa kayong nasusuklam sa buktot na sangkatauhan? Nararanasan ba ninyo ang pakiramdam na ito? Habang mas lalo ninyong binabasa ito, mas lalo kayong nasusuklam. Pakiramdam ninyo ay napakasama talaga ng ganitong tao! Sulit bang gumamit ng mga estratehiya

sa bawat maliit na bagay, na gawin ang mga gayong hakbang, na hindi makatulog sa gabi o makakain kapag araw, at pigain ang utak para malaman kung paano makipaglaban? Maaaring pag-aralan ng ilang anticristo Ang Tatlumpu't Anim na Panlilinlang sa bakanteng oras nila, at gamitin ang kanilang talino laban sa talino ng ibang tao at ng Diyos. Nasisiyahan sila sa mga kasinungalingan, panlalansi, balak, pakana, pati na rin sa mga taktika at estratehiya—pero gusto ba nila ang pagiging patas at matuwid ng Diyos? Ano ang kabaligtaran ng pagiging patas at matuwid? (Kabuktutan at kapangitan.) Kabuktutan at kapangitan. Gusto nila ang mga pangit na bagay, lahat ng imoral at hindi patas, lahat ng hindi makatarungan at hindi tama. Halimbawa, ang paghahangad ng mga tao sa katotohanan ay isang matuwid na layunin—paano ito binibigyang-kahulugan ng mga anticristo? Sinasabi nila, “Mga hangal ang mga naghahangad sa katotohanan! Ano ang halaga ng buhay, kung hindi naman mamumuhay ang tao ayon sa gusto niya? Dapat mamuhay ang mga tao para sa sarili nila, at tungkol naman sa mga namumuhay para sa katotohanan at katarungan, pawang mga hangal ang mga taong iyon!” Iyon ang pananaw nila. Kung gayon, kaya ba nilang gumawa ng mga makatarungang bagay? Hindi. Kaya ba nilang manindigan at magsalita kapag lumitaw ang mga bagay sa iglesia na gumugulo at gumagambala sa gawain ng iglesia? Bukod sa hindi sila naninindigan, lihim silang natutuwa at nasisiyahan sa kasawiang ito—masasamang binhi sila. Hindi sila kailanman nababalisa sa mga bagay na may kaugnayan sa gawain ng sambahayan ng Diyos, ni naninindigan at gumagawa ng anuman para protektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos. Ang mga palihim na natutuwa, at ginagawang biro ang sambahayan ng Diyos kapag nakakakita sila ng masasamang taong gumagawa ng kasamaan, at ng masasamang tao na naniniil sa iglesia—anong klaseng mga tao sila? Sila ay mga buktot na indibidwal. Kung gayon, anong klaseng mga tao ang mga lider na may kakayahang kumupkop sa masasamang taong ito? Mga anticristo sila. Hindi nila hahayaang mapinsala ang sarili nilang mga interes, pero hindi sila kumukurap kapag napipinsala ang mga interes ng iglesia, at hindi man lang sila nalulungkot. Lihim pa nga silang natutuwa na walang nawala sa kanila. Ito ang kabuktutan ng mga anticristo.

Pinag-usapan natin kanina lang ang tungkol sa kung paano tutol ang mga anticristo sa katotohanan, kung paano nila gusto ang mga di-matuwid at buktot na bagay, kung paano nila hinahangad ang mga interes at pagpapala, hindi kailanman binibitiwan ang kanilang intensiyon at pagnanais na magkamit ng mga pagpapala, at kung paano sila palaging nakikipagtawaran sa Diyos. Kung gayon, paano dapat kilatisin at ilarawan ang usaping ito? Kung tatawagin natin itong inuuna ang pakinabang bago ang lahat, magiging masyadong magaan iyon. Katulad ito ng pagtanggap ni Pablo na mayroon siyang tinik sa kanyang laman, at na dapat siyang gumawa upang makabawi sa mga kasalanan niya, pero sa huli, hiniling pa rin niyang magkamit ng korona ng katuwiran. Ano ang kalikasan nito? (Pagiging malupit.) Isa itong uri ng malupit na disposisyon. Pero ano ang kalikasan nito? (Pakikipagtawaran sa Diyos.) Mayroon itong ganitong kalikasan. Naghanap siya ng pakinabang sa lahat ng ginawa niya, itinuturing ang lahat bilang isang transaksyon.

May isang kasabihan sa mga walang pananampalataya: “Walang libreng tanghalian.” Tinataglay rin ng mga anticristo ang ganitong lohika, iniisip nila, “Kung gagawa ako para sa iyo, ano ang ibibigay mo sa akin bilang kapalit? Anong mga pakinabang ang matatamo ko?” Paano bubuurin ang kalikasang ito? Inuudyukan ito ng mga pakinabang, inuuna ang pakinabang bago ang lahat, at pagiging makasarili at kasuklam-suklam. Ito ang kalikasang diwa ng mga anticristo. Nananampalataya sila sa Diyos para lamang sa layon na makapagtamo ng pakinabang at mga pagpapala. Kahit na magtiis sila ng kaunting pagdurusa o magbayad ng kaunting halaga, ito ay pawang para makipagtawaran sa Diyos. Napakalaki ng kanilang intensiyon at pagnanais na magtamo ng mga pagpapala at gantimpala, at mahigpit nila itong pinanghahawakan. Wala silang tinatanggap na kahit ano sa maraming katotohanang ipinahayag ng Diyos, sa puso nila ay palagi nilang iniisip na ang pananampalataya sa Diyos ay pawang tungkol sa pagtatamo ng mga pagpapala at pagtitiyak ng isang magandang hantungan, na ito ang pinakamataas na prinsipyo, at na walang makakalampas dito. Iniisip nila na hindi dapat manampalataya ang mga tao sa Diyos maliban na lang para sa kapakanan ng pagkamit ng mga pagpapala, at na kung hindi dahil sa mga pagpapala, ang pananampalataya sa Diyos ay magiging walang kahulugan o halaga, na mawawalan ito ng kahulugan at halaga. Ikinintal ba ng ibang tao ang mga ideyang ito sa mga anticristo? Nagmumula ba ang mga ito sa edukasyon o impluwensiya ng iba? Hindi, itinatakda ang mga ito ng likas na kalikasang diwa ng mga anticristo, na isang bagay na walang sinuman ang makakabago. Sa kabila ng pagsasalita ngayon ng napakaraming salita ng Diyos na nagkatawang-tao, walang tinatanggap na kahit na ano sa mga ito ang mga anticristo, sa halip ay nilalabanan at kinokondena nila ang mga ito. Hindi kailanman magbabago ang kalikasan nila na tutol sa katotohanan at namumuhi rito. Kung hindi sila makakapagbago, ano ang ipinahihiwatig nito? Ipinahihiwatig nito na buktot ang kanilang kalikasan. Hindi ito isyu ng paghahangad o hindi paghahangad sa katotohanan; isa itong buktot na disposisyon, walang pakundangang pagprotesta sa Diyos at paglaban sa Diyos. Ito ang kalikasang diwa ng mga anticristo; ito ang totoong mukha nila. Dahil nagagawa ng mga anticristo na walang pakundangang magprotesta at sumalungat sa Diyos, ano ang disposisyon nila? Buktot ito. Bakit Ko sinasabing buktot ito? Nangangahas ang mga anticristo na lumaban sa Diyos at magprotesta laban sa Kanya alang-alang sa pagkamit ng mga pagpapala, at para sa kasikatan, pakinabang, at katayuan. Bakit sila nangangahas na gawin ito? Sa kaibuturan ng puso nila ay may isang puwersa, isang buktot na disposisyong namamahala sa kanila, kaya nagagawa nilang kumilos nang walang pakundangan, makipagtalo sa Diyos, at magprotesta laban sa Kanya. Bago pa sabihin ng Diyos na hindi Niya sila bibigyan ng korona, bago alisin ng Diyos ang kanilang hantungan, sumisiklab ang buktot nilang disposisyon mula sa kanilang puso at sinasabi nila, “Kung hindi mo ako bibigyan ng korona at ng hantungan, aakyat ako sa ikatlong langit at makikipagtalo sa iyo!” Kung hindi dahil sa kanilang buktot na disposisyon, saan sila makakahanap ng gayong enerhiya? Kaya ba ng karamihan ng tao na magkaroon ng gayong lakas ng loob? Bakit hindi naniniwala ang mga anticristo

na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan? Bakit mahigpit silang kumakapit sa kanilang pagnanais para sa mga pagpapala? Hindi ba't kabuktutan na naman nila ito? (Oo.) Naging ambisyon at pagnanais ng mga anticristo ang mismong mga pagpapala na ipinapangako ng Diyos na ipagkakaloob sa mga tao. Determinado ang mga anticristong matamo ang mga iyon, pero ayaw nilang sundan ang daan ng Diyos, at hindi nila mahal ang katotohanan. Sa halip, hinahangad nila ang mga pagpapala, gantimpala, at korona. Bago pa man sabihin ng Diyos na hindi Niya ipagkakaloob ang mga ito sa kanila, gusto na nilang makipag-agawan sa Diyos. Ano ang lohika nila? "Kung hindi ako magtatamo ng mga pagpapala at gantimpala, makikipagtalo ako sa iyo, sasalungatin kita, at sasabihin kong hindi ka diyos!" Hindi ba't pinagbabantaan nila ang Diyos sa pagsasabi ng mga gayong bagay? Hindi ba't sinusubukan nilang pabagsakin ang Diyos? Nangangahas pa nga silang itatwa ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay. Basta't hindi umaayon sa kalooban nila ang mga kilos ng Diyos, nangangahas silang itatwa na ang Diyos ang Lumikha, ang nag-iisang tunay na Diyos. Hindi ba't disposisyon ito ni Satanas? Hindi ba't kabuktutan ito ni Satanas? May pagkakaiba ba sa pagitan ng kung paano kumikilos ang mga anticristo at ng saloobin ni Satanas sa Diyos? Puwedeng ganap na ituring na magkapareho ang dalawang pamamaraang ito. Ayaw ng mga anticristo na kilalanin ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay, at gusto nilang agawin ang mga pagpapala, gantimpala, at korona mula sa mga kamay ng Diyos. Anong klaseng disposisyon ito? Sa anong batayan nila hinihiling na kumilos at agawin ang mga bagay na gaya nito? Paano sila nakakahugot ng gayong lakas ng loob? Ang kadahilanan para dito ay puwede nang ibuod nang ganito: Ito ang kabuktutan ng mga anticristo. Hindi minamahal ng mga anticristo ang katotohanan, pero gusto pa rin nilang magtamo ng mga pagpapala at korona, at agawin ang mga gantimpalang ito sa mga kamay ng Diyos. Hindi ba't hinahangad nila ang kamatayan? Nababatid ba nilang hinahangad nila ang kamatayan? (Hindi nila ito nababatid.) Maaaring medyo nararamdaman din nila na imposible para sa kanila na magtamo ng mga gantimpala, kaya nagsasabi muna sila ng isang pahayag gaya ng, "Kung hindi ako magtatamo ng mga pagpapala, aakyat ako sa ikatlong langit at makikipagtalo sa diyos!" Nakikita na nila nang maaga na magiging imposible para sa kanila na magtamo ng mga pagpapala. Kung tutuusin, maraming taon nang nagpoprotesta laban sa Diyos si Satanas sa himpapawid, at ano ang ibinigay ng Diyos dito? Ang tanging pahayag ng Diyos dito ay, "Kapag natapos na ang gawain, ihahagis kita sa walang hanggang hukay. Nababagay ka sa walang hanggang hukay!" Ito lamang ang "pangako" ng Diyos kay Satanas. Hindi ba't baluktot na nagnanais pa rin ito ng mga gantimpala? Kabuktutan ito. Antagonistiko sa Diyos ang likas na diwa ng mga anticristo, at hindi nga rin alam ng mga anticristo mismo kung bakit ganito. Nakatuon lamang ang kanilang puso sa pagkakamit ng mga pagpapala at korona. Tuwing may kaugnayan ang anumang bagay sa katotohanan o sa Diyos, lumilitaw ang paglaban at galit sa loob nila. Kabuktutan ito. Maaaring hindi maunawaan ng mga normal na tao ang mga panloob na damdamin ng mga anticristo;

napakahirap nito sa mga anticristo. Nagtataglay ng gayong napakalalaking ambisyon ang mga anticristo, nagkikimkim sila ng gayon kalaking buktot na enerhiya sa loob nila, at ng gayon kalaking pagnanais para sa mga pagpapala. Puwede silang mailarawan bilang nag-aalab sa pagnanais. Pero patuloy na nagbabahaginan ang sambahayan ng Diyos tungkol sa katotohanan—siguradong napakasakit at napakahirap para sa kanila na marinig ito. Inaagrabyado nila ang kanilang sarili at nagpapanggap sila nang husto para pagtiisan ito. Hindi ba't isa itong uri ng masamang puwersa? Kung hindi minamahal ng mga ordinaryong tao ang katotohanan, hindi magiging interesante sa kanila ang buhay iglesia at makakaramdam pa sila ng pagkasuklam dito. Mas magiging pagdurusa kaysa kasiyahan para sa kanila ang pagbabasa sa mga salita ng Diyos at pagbabahaginan sa katotohanan. Kung gayon, paano ito nagagawang tiisin ng mga anticristo? Dahil ito sa napakalaki ng pagnanais nila para sa mga pagpapala na napipilit sila nitong agrabyaduhin ang kanilang sarili at atubiling tiisin ito. Bukod pa rito, pumapasok sila sa sambahayan ng Diyos para umakto bilang mga alipin ni Satanas, at ilaan ang kanilang sarili para magdulot ng mga pagkagambala at kaguluhan sa gawain ng iglesia. Naniniwala silang ito ang misyon nila, at hanggang hindi nila natatapos ang gampanin nila na labanan ang Diyos, hindi sila napapanatag at pakiramdam nila ay nabigo nila si Satanas. Tinutukoy ito ng kalikasan ng mga anticristo.

Malinaw na mahilig ang mga anticristo sa katayuan, at alam ito ng lahat. Hanggang sa anong antas nila gusto ang katayuan? Ano ang mga pagpapamalas nito? Una sa lahat, sinasamantala nila ang anumang pagkakataon para umangat, sa pamamagitan man ng pagsisipsip o mga tusong pamamaraan, o sa paggawa ng mabubuting bagay para makuha ang loob ng mga tao. Ano't anuman, sa tuwing may pagkakataong umangat, sinasamantala nila ito. Kapag nakamit na nila ang katayuan, mas pinahalalagahan nila ito kaysa dati. Kapag nagkakamit ng katayuan ang mga normal na tao, nahihiya sila at pinipigilan nila nang kaunti ang sarili nila. Lalo na, isang tungkulin ang posisyon ng isang lider o manggagawa sa sambahayan ng Diyos. Hindi ito isang katayuan o isang opisyal na titulo, isa itong tungkulin. Minsan maaaring ibunyag nang kaunti ng mga normal na taong ito ang kanilang mga tiwaling disposisyon sa pamamagitan ng pagpapakitang gilás, iniisip na nasa opisyal na posisyon na sila ngayon. Inaakala ng mga normal na tao na medyo katanggap-tanggap na kumilos nang ganito paminsan-minsan, pero kung regular nila itong gagawin, masusuklam sila sa sarili nila at natatakot silang mapapansin ito ng mga kapatid. May dignidad at kahihiyan sila, kaya pinipigilan nila nang kaunti ang sarili nila. Pagkatapos maunawaan ang katotohanan, unti-unti ay hindi na nila masyadong pinahalalagahan ang katayuan. Ano ang magiging positibong epekto nito, at ano ang magiging mabubuting resulta nito? Bibigyang-kakayahan sila nitong gawin ang kanilang tungkulin nang may payapang isip. Anuman ang kanilang kasalukuyang papel, ituturing nila itong isang tungkulin. Dahil hinirang sila na mamuno, at ang pamumuno ay kapwa isang pasanin at tungkulin para sa tao, kailangan muna nilang maunawaan kung ano ang mga bagay na nasa saklaw ng tungkuling ito. Kapag wala ka sa tungkulin ng pamumuno,

hindi mo kailangang mag-alala sa ilang usapin, at wala ka naman talagang anumang mga pasanin. Pero kapag umako ka ng isang tungkulin ng pamumuno, kailangan mong pag-isipang mabuti kung paano maayos na gampanan ang iyong mga gampanin, at kung paano gawin ang tungkulin mo ayon sa mga prinsipyo at sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos. Puwedeng umusad sa ganitong positibong direksiyon ang mga naghahangad sa katotohanan. Kaya, ano ang pagkakaiba sa pagitan ng mga anticristo at ng mga naghahangad sa katotohanan pagdating sa kung paano nila tinatrato ang katayuan? Marubdob ang damdamin ng mga anticristo sa katayuan nila, hinahangad, pinahahalagahan, at pinangangasiwaan nila ito. Iniisip nila ang katayuan nila sa bawat pagkakataon. Parang buhay nila ang katayuan. Kung hindi sila iginagalang ng iba, o kung aksidente silang nakapagsabi ng mali at hinahamak sila ng iba, at nawawala ang puwang nila sa puso ng ibang tao, palagi silang nababalisa tungkol sa katayuan nila, at nagiging sobrang maingat sa kanilang pagkilos at pagsasalita. Gaano ka man makipagbahaginan tungkol sa paghahangad sa katotohanan, hindi nila ito mauunawaan. Ano lamang ang mauunawaan nila? “Paano ko magagampanan nang maayos ang ‘posisyong’ ito at paano ako kikiilos gaya ng isang opisyal?” May ilang partikular na pagpapamalas nito. Halimbawa, kapag nagpalitrato ang isang lider ng iglesia kasama ang mahigit sa 20 kapatid, saan pipiliing umupo ng isang taong may dignidad at kahihiyan? Hahanap siya ng isang sulok para doon maupo. Saan karaniwang umuupo ang mga anticristo? (Sa gitna.) Ang pag-upo ba nila sa gitna ang gusto ng lahat o ang personal nilang pagnanais? (Personal nilang pagnanais.) Minsan, maaaring binabakante ng lahat ang gitna para sa kanila, kaya napipilitan silang gumitna, at sa puso nila, masayang-masaya sila sa sarili nila, “Tingnan ninyo kung gaano ako sinusuportahan ng lahat! Kailangan kong umupo rito. Nakikita ko rito na may puwang ako sa puso ng lahat. Hindi nila kaya na wala ako!” Nasisiyahan at nalulugod sila. Kung ayaw nila sa ideya ng pagbakante ng lahat sa isang pwesto sa gitna, bakit sila uupo roon? Halatang-halata na lubusan silang nasisiyahan sa posisyon nila sa mismong sandaling iyon at sa pakiramdam na dulot nito. Kailangan at pinahahalagahan talaga nila ang damdamin ng sandaling iyon, kaya hindi nila tinatanggi ang posisyon. Umuupo ang lider na ito sa pinakagitna, napapalibutan siya ng dose-dosenang tao, at gumagamit pa nga siya ng kutson para mas mamukod-tangi siya. Iniisip niya, “Hindi uubra kung kasing-taas ko ang lahat. Paano nito maipapakita ang pagiging katangi-tangi ko bilang isang lider? Kailangang itaas ko nang kaunti ang sarili ko, maupo sa gitna, para maging kapansin-pansin ako. Ito ang pagkaalam sa tamang mauupuan. Kapag tiningnan ng mga tao ang litrato, ako ang una nilang makikita. Sasabihin nila, ‘Ito ang lider namin na si Ganito-at-ganoon.’ Napakaluwalhati! Tatagal nang napakaraming taon ang litratong ito. Kung hindi ako makikita ng mga tao, at unti-unti nila akong makakalimutan, ano pa ang saysay ng pagiging lider ko?” Ganito nila sobrang pinahahalagahan ang kanilang katayuan.

Minsan, hinanap Ko ang ilang tao mula sa isang iglesia para malaman ang sitwasyon doon. Pagkatapos nilang i-on ang kanilang video, naupo silang lahat sa harap ng kamera,

nag-iwan sila ng espasyo sa gitna. Hindi Ko naunawaan kung bakit at iminungkahi Ko na mas umusod pa sila sa gitna dahil hindi gaanong malaki ang frame ng kamera, at mukha silang naaasiwa nang nakikita ang kalahati ng kanilang mukha. Pagkatapos niyon, medyo umusod sila sa gitna, pero nag-iwan pa rin sila ng bakanteng upuan sa gitna. Napaisip Ako, “Bakit walang umuupo sa gitna? Para bang may isang sagradong Buddha roon—bakit walang nangangahas na pumunta roon?” Pagkatapos, isang matabang lalaki ang dumating at lumagapak sa gitna, na mukha talagang isang sagradong “Buddha,” bilugan at mataba. Nakareserba pala para sa kanya ang upuan sa gitna. Mahuhulaan ba ninyo kung sino ang taong ito? (Ang lider.) Tama, umupo siya sa pinakagitna. Simbolo iyon ng katayuan. Nang dumating ang diyablong ito, na mukhang Buddha, at naupo roon, napakanatural niyang inokupa ang puwestong iyon, na para bang nararapat sa kanya ang puwestong iyon. Masayang-masaya ang lahat na maupo sa magkabilang gilid, habang nakatingin sa kanya nang may pagkagiliw, na para bang “nauunawaan” nila siya nang husto. Para silang grupo ng mga sipsip, na nagsasabi, “Hay, sa wakas ay dumating ka na. Ang tagal ka na naming hinihintay.” Habang nagsasalita Ako, walang nakikinig sa mga sinasabi Ko; naghihintay sila sa lider. Kailangang pumarito muna ang sagradong “Buddha” na ito. Kung hindi siya dumating, hindi Ako makapagpapatuloy na magsalita. Paano niya nagawang maupo roon, at maupo roon nang napakanatural? May kinalaman ba ito sa nakasanayan niyang mga kagustuhan, priyoridad, at hinahangad? (Oo.) Anong klaseng eksena ang karaniwang ipinapakita ng mga taong ito? Gamitin ninyo ang imahinasyon ninyo at pag-isipan ninyo ito. Kapag nagho-host ang lider na ito ng isang pagtitipon o kapag pumapasok siya sa isang kwarto kung saan ginagawa ng mga tao ang kanilang mga tungkulin, paano siya tinatrato ng mga tao? Para bang isa siyang ninuno o isang Buddha: Agad-agad nila siyang binibigyan ng mauupuan, at kailangang nakareserba para sa kanya ang pangunahing upuan. Ayos lang ba kung hindi nila inireserba ito para sa kanya? Batay sa pangyayaring nakita Ko sa kamera noong sandaling iyon, malamang na hindi magiging ayos kung hindi nila inireserba ang pangunahing upuan para sa kanya—naging isang panuntunan na ito, isang hindi nakasulat na panuntunan. Kapag dumating na ang “Buddha,” dapat agad na ibigay sa kanya ang pangunahing upuan. Kung wala ang “Buddha” roon, dapat manatiling bakante ang pangunahing upuan. Katayuan ang tawag doon. Mayroon ba sa inyong kumikilos nang ganito, at itinuturing ang katayuan na mas mataas kaysa sa lahat ng iba pang bagay? Ano ang mapapansin ninyo mula sa eksenang inilarawan Ko kanina? Iba-iba ang trato ng iba’t ibang tao sa katayuan. Ang mga nagmamahal sa katotohanan ay itinuturing ang kanilang katayuan bilang isang tungkulin, pinahahalagahan nila sa kanilang puso ang atas ng Diyos. Tinatanggap nila ang kanilang tungkulin pero hindi nila iginigiit ang kanilang katayuan. Nakikita ng ilang tao ang katayuan bilang pabigat, naniniwala silang isang dagdag na pasanin ito na nagdudulot ng presyur sa kanila, ng mga limitasyon, at ng problema pa nga. Gayumpaman, ang mga sumasamba sa katayuan ay tinatrato ang katayuan na parang isang opisyal, at palaging nagpapakasasa sa mga pakinabang nito.

Hindi nila kayang mabuhay nang walang katayuan. Kapag nakamit na nila ito, handa silang isakripisyo ang lahat, kasama na ang buhay nila at ang kanilang respeto sa sarili para dito—handa pa nga silang ipagbili ang kanilang katawan para dito. Hindi ba’t buktot ito? (Oo.) Kabuktutan ang tawag dito. Ano ang katayuan sa paningin nila? Isa itong landas at paraan para umangat, at isang pamamaraan para mabago ang kanilang pagkakakilanlan, tadhana, at katayuan sa mga tao. Samakatwid, labis nilang pinapahalagahan ang katayuan. Kapag nakamit na nila ito, at pinakikinggan, sinusunod, pinalalayaw na sila ng mga tao, at sumisipsip sa kanila sa lahat ng bagay, sa halip na masuklam sa lahat ng ito, labis silang nalulugod dito. Katulad ng lider na iyon na umupo sa gitna—napakakalmado at napakakomportable ng postura niya, at may labis na kaluguran at kasiyahan dito. Hindi ba’t buktot ito? Kung labis na tinatamasa ng isang tao ang lahat ng damdamin ng pagiging mas mataas at lahat ng pakinabang na dulot ng katayuan, at talagang hinahangad at pinahahalagahan niya ang mga ito, ayaw bitiwan ang mga ito, napakabuktot ng taong iyon. Bakit Ko sinasabing sukdulan ang kabuktutan niya? Pagdating sa mga nambobola, nagsasabi ng mga kaaya-ayang pananalita, at pumupuri sa mga taong may katayuan, ano ang sinasabi nila? Nagsasabi sila ng mga huwad na salita, mga salitang walang kahihiyan, mga nakakasuklam at nakakasukang salita, at mga salita ng panlalansi, at maging ng ilang bagay na nakasusukang pakinggan. Halimbawa, sabihin natin na may isang taong may katayuan na may isang anak na talagang pangit, matulis ang baba nito at may pisnging gaya ng sa unggoy—sinasabi ba ng mga mambobolang iyon na pangit siya? Ano ang sinasabi nila? (Napakagwapo niya.) Sapat na ba para sa kanila na sabihin na “napakagwapo niya”? Kailangan nilang magsabi ng isang bagay na nakakasuka, tulad ng, “Malapad ang noo niya, at malapad at bilugan ang panga niya. Batay sa itsura ng mukha niya, magiging mayaman siya at magkakaroon siya ng mataas na katayuan sa hinaharap!” Kahit na malinaw na hindi ganito ang sitwasyon, nangangahas pa rin silang hayagang sabihin ang mga kasinungalingang ito. Kapag narinig ito ng opisyal na iyon, natutuwa siya, gustong-gusto niyang marinig ang mga ganitong bagay—nasisiyahan siyang pakinggan ang mga ito. Gaano niya kagustong makinig sa mga ito? Kapag walang sinumang nagsasabi ng mga mapagpaimbabaw na salitang ito, ng mga pambobola, at ng mga panlalansi sa harap niya, kung walang sinumang nagsasabi ng anumang huwad at nakakasuklam na mga salita para pasayahin at palugurin siya, magiging hindi interesante ang buhay para sa kanya. Hindi ba’t buktot ito? (Oo.) Napakabuktot nito. Kapag siya mismo ang nagsisinungaling, nakakasuka na talaga iyon, pero nasisiyahan din siya kapag napapalibutan siya ng mga sinungaling gaya ng kumpol ng mababahong langaw, at hindi siya kailanman nagsasawa rito. Gusto niya ang sinumang magaling magsalita, magaling mambola at sumisipsip sa kanya, at nagsasalita nang paligoy-ligoy—pinapanatili niya ang mga taong ito na malapit sa kanya at inilalagay ang mga ito sa mahahalagang posisyon. Hindi ba’t nanganganib ang mga gayong lider? Anong klaseng gawain ang matatapos nila? Hindi ba’t katapusan na ng iglesia kung mapasailalim ito sa kanilang kontrol? Magkakaroon pa rin ba ito ng gawain ng Banal na Espiritu?

Narinig Ko na mahilig kumain ang ilang lider. Noong nakatira sila kasama ng mga kapatid na hindi mahusay sa pagluluto at hindi naghahanda ng masasarap na pagkain, maghahanap sila ng isang host na marunong mambola at sumipsip sa kanila, at na partikular silang ipaghahanda ng masasarap na pagkain araw-araw. Bawat araw, magpapakasawa sa pagkain at pag-inom ang mga lider, sinasabing, “Salamat sa diyos, araw-araw nating natatamasa ang piging ng diyos. Talagang biyaya ito ng diyos!” Nasa panganib ang gayong mga tao. Kahit na hindi pa sila mga anticristo, inilantad na ng pag-uugali nila na mayroon silang kalikasang diwa at buktot na disposisyon ng isang anticristo, at na kasalukuyan din nilang tinatahak ang landas ng isang anticristo. Kung maaari man silang maging mga anticristo, o kung mga anticristo nga sila, nakadepende ito sa landas na pipiliin nila kalaunan. Kitang-kita na kasalukuyan nilang tinatahak ang landas ng isang anticristo at na umaayon ang disposisyong diwa nila sa disposisyong diwa ng isang anticristo, at dahil ito sa mahilig sila sa mga negatibong bagay at ayaw nila sa mga bagay na positibo. Hinahamak nila ang mga positibong bagay, kinokondena at tinatanggi ang mga ito sa puso nila. Ano ang tinatanggi nila? Ang pagkukunwari, mga kasinungalingan, at lahat ng may kinalaman sa mga negatibong bagay. Kapag pumupunta Ako sa isang partikular na lugar, sinasabi ng ilang tao: “Mukhang hindi maayos ang pakiramdam Mo; magpahinga Ka sandali.” Maayos man ang pakiramdam Ko o hindi at kung kailangan Ko mang magpahinga, alam Ko mismo ang mga ito. Hindi mo kailangang magkunwaring matalino, at hindi mo kailangang magpakitang-gilas kung gaano ka katalino. Hindi Ko ito tinatanggi; namumuhi Ako rito. Anong klaseng mga tao ang gusto Ko? Iyong mga kayang makipagbahaginan kaagad kapag may nangyayari at magsabi sa Akin ng nasa isipan nila. Nakikipagbahaginan Ako sa iyo para malutas ang mga paghihirap mo, at maaari kang maging mas malapit sa Akin. Huwag mong alalahanin ang tungkol sa pagsipsip mo at pagtatangkang palugurin Ako—sobrang kasuklam-suklam niyon! Dapat lumayo sa Akin ang ganitong mga tao, dahil nasusuklam Ako sa kanila. Inilalarawan kitang isang nakakayamot na langaw o peste. Lumayo ka sa Akin! Sinasabi ng ilang tao, “Hindi ba’t kailangan Mo ng isang tao sa tabi Mo para pagsilbihan Ka?” Sa pananaw mo, alinsunod sa pagkakakilanlan at katayuan Ko, dapat mayroong kaukulang pagtrato at pagseserbisyo. Pero hindi Ko kailangan iyon. Hindi mo dapat gawin ang mga bagay na ito, naiintindihan mo? Nasusuklam at namumuhi Ako sa mga bagay na ito. Kung talagang nasa puso mo na maging mapagsaalang-alang at mapagmalasakit sa Akin, maraming wastong paraan para gawin iyon. Halimbawa, kung sabihin Ko sa iyong gawin ang isang bagay, masunurin mo itong susundin, at kapag nahaharap ka sa mga paghihirap, matatalakay mo kaagad ang mga ito sa Akin. Gayumpaman, anuman ang ginagawa mo, huwag mong gayahin ang paraan ng mga walang pananampalataya ng pagpapalakas sa mga taong nasa katungkulan, bumibigkas ng maraming pambobola na masarap pakinggan—ayaw Kong marinig ang mga iyon. Kitang-kita naman na hindi Ako matangkad, pero iginigiit mong sabihin, “Maaaring hindi Ka matangkad, pero mas matangkad Ka kaysa sa amin.” Ayaw Kong naririnig iyon, kaya

anuman ang ginagawa mo, huwag mo itong sabihin sa Akin; sinasabi mo ito sa maling tao. Gusto ng mga anticristong marinig ang ganitong mga klaseng salita. Halimbawa, tinatanong nila ang mga kapatid na nasa ilalim nila: “Mukha ba akong mataba?” At sinasabi ng ilang tao: “Kahit na mataba ka, mas kaakit-akit ka kaysa sa amin.” “Kung gayon, payat ba ako?” “Kahit na payat ka, ang ganda mo pa ring tingnan. Ano’t anuman, para kang fashion model; bagay sa iyo ang lahat.” Kapag naririnig ito ng mga anticristo, natutuwa sila at itinuturing ka nilang kaalyado at kakampi nila. Kasuklam-suklam at buktot ang lahat ng bagay na ito na kinahihiligan ng mga anticristo—sa paanong paraan pa sila matatawag na buktot? Minamahal ba ng mga anticristo ang mga elemento ng normal na pagkatao, gaya ng konsensiya, katwiran, pakiramdam ng kahihyan, at dignidad, pati na rin ang pagkilatis sa kung ano ang mabuti at masama, itim at puti, at tama at mali, at iba pang mga bagay sa normal na pagkatao? Minamahal ba ng mga anticristo ang mga taong may pakiramdam ng kahihyan? Minamahal ba nila ang mga taong may dignidad? Minamahal nila ang mga taong walang kahihyan, na labis na matamis kapag nagsasalita nang walang kamalayan at nang hindi nahihya. Hindi ba’t wala silang pakiramdam ng kahihyan? Kapag mas mapambola ang mga salita mo, mas nagiging masaya sila. Kung titingnan ang mga kagustuhan ng mga anticristo at ang mga saloobin nila sa iba’t ibang bagay, pati na rin ang mga pinipili at tendensiya nila, malinaw na walang hangganan ang kabuktutan nila. Kalimutan mo na ang mga nakakaunawa sa katotohanan—kahit ang mga taong may katiting na pagpapahalaga sa katarungan sa lipunan ay hindi sumasang-ayon sa gayong uri ng pag-uugali. Kita mo, desperadong sumisipsip sa mga nasa katungkulan ang ilang taong nasa mga hanay ng opisyal. Ibinibigay nila sa mga nasa katungkulan ang anumang kailangan ng mga ito, ibinibigay pa nga nila maski ang sariling asawa nila—hindi ba’t wala silang dignidad? (Wala.) Bukod dito, nakikipagrelasyon din ang ilang opisyal sa mga kapareho nila ng kasarian, at ang ilang tao na kapareho ng kasarian ng mga opisyal na ito ay makikipaglapit sa mga opisyal na ito, ginagawa nila iyon kahit na hindi nila personal na gusto. Kaya ba ninyong gawin ang gayong mga bagay? (Hindi, hindi namin kaya.) Pero kaya nila. Wala silang moral na batayan, walang pakiramdam ng kahihyan, walang kamalayan ng konsensiya, walang pagkamakatwiran—kaya ginagawa nila ang mga bagay na ito. Ni hindi mo nga kayang bigkasin ang mga bagay na sinasabi nila kahit na ipagawa sa iyo ang mga ito bilang mga linya sa isang dula; mas mapambola pa nga ang mga taong ito kaysa sa mga artista. Ano ang ibig Kong sabihin sa mga artista? Ang ibig Kong sabihin ay ang mga walang pakialam at hindi natitinag kapag nakikita o nadaratnan silang nakahubad. Mga artista ang tawag sa gayong mga tao. Kaya, ang mga mambobolang ito, na may mga nakakasuka at nakakasuklam na salita at gusto ang mga buktot na bagay, ay mas masahol pa kaysa sa mga artista. Ipinagbibili lang ng mga artista ang katawan nila, pero ano ang ipinagbibili ng pangkat na ito ng mga buktot na tao na kilala bilang mga anticristo? Ipinagbibili nila ang kaluluwa nila. Masasamang demonyo silang lahat, na hindi na matutubos. Kaya parang paghahagis ng mga perlas sa mga baboy

ang pagsasalita ng katotohanan sa mga taong ito—imposibleng mahalín nila ang katotohanan. Ganito nila hinaharap ang katayuan, tinatamasa ang iba’t ibang damdamin ng pagiging mas mataas at iba pang magagandang damdaming kasama nito. Ano ang iba’t ibang damdamin na nakukuha sa pagtatamang ito? Mga positibo o negatibong bagay ba ang mga ito? Pawang negatibong bagay ang mga ito. Kapag nagkakamit sila ng katayuan, umaasa silang matatamasa nila ang pambobola ng mga tao sa kanila, pagsipsip sa kanila, at pagbibigay-lugod sa mga interes nila. Gusto rin nilang magtamasa ng espesyal na pagtrato—dapat espesyal lahat ng pagkain, tirahan, at mga bagay na ginagamit nila, at dapat naiiba sila sa lahat ng bagay. Talaga bang may pagkakaiba ang pisikal mong katawan kumpara sa iba? Kapag nakakuha na ang mga anticristo ng katayuan, naniniwala silang marangal at extraordinary sila, na parang wala nang lugar sa lupa ang angkop para patuluyin sila—dapat silang umupo sa trono at pag-alayan ng mga handog ng mga tao. Hindi ba’t ganoon ang nangyayari? Sabihin ninyo sa Akin, ito ba ang mga ideyang madalas na iniisip ng mga normal na tao? May katayuan man sila o wala, maaaring may tiyak na hangarin at pagnanais ang mga normal na tao para dito, pero dahil nagtataglay sila ng pakiramdam ng kahihyan, konsensiya, at pagkamakatwiran, dagdag pa na ngayon ay mayroon silang kaunting pagkaunawa sa katotohanan, nababawasan at naglalaho ang pagkapit nila sa katayuan. Bukod dito, kaya na nilang hindi masyadong pahalagahan ang mga pakinabang na kasama ng katayuan, at kung kaya nilang makita na hindi mahalaga ang mga benepisyong dulot nito, kaya na rin nilang masuklam sa pambobola at matatamis na salita, pagsipsip, at iba pang gayong mga pag-uugali ng ibang mga tao, at kaya na nilang layuan o talikuran at abandonahin ang gayong mga bagay. Pero kaya bang abandonahin o bitiwang ng mga anticristo ang mga bagay na ito? Hinding-hindi. Kung hihilingin mo sa kanilang bitiwang ang mga bagay na ito, para bang hinihingi mo ang buhay nila. Kung hindi, bakit sasabihin ng ilang tao na, “Hindi na ako mananampalataya, ayaw ko nang mabuhay, hindi sulit ang mabuhay,” sa sandaling mawala ang kanilang katayuan? Hindi ba’t may nangyayari dito? Bakit napakahalaga ng katayuan sa kanila? Hindi nila kayang mamuhay ng isang simple at ordinaryong buhay; dapat magkaroon sila ng katayuan, dapat magingangat sila sa marami at magpakasasa sa papupugay, pagsamba, at pagtataas ng iba, pati na rin sa mga kasinungalingang naglalayong pasayahin, linlangin, at bolahin sila. Gusto nilang magpakasasa sa mga bagay na ito. Handa bang magpakasasa sa gayong mga bagay ang mga taong may normal na pagkatao? Siguradong hindi; hindi sila mapapakali dahil dito. Bakit gustong magtamasa ng mga anticristo ng mga bagay na ito? Ito ay dahil mayroon silang mga satanikong disposisyon sa loob nila. Ang mga kauri lang ni Satanas ang naghahangad sa mga bagay na ito at may gayong mga hinihingi. Maaaring tamasahin sandali ng mga normal na tao ang mga bagay na ito, pero kalaunan ay napagtatanto nilang walang kabuluhan ang mga ito at nakakayamot pa nga, at pagkatapos ay lumalayo na sila sa lahat ng iyon. Pero matigas na tumatanggi ang ilang tao na bitiwang ang mga iyon. Halimbawa, bakit hindi kailanman nagreretiro ang ilang

artista sa mundo ng pelikula, kahit na tumatanda na sila? Ito ay dahil kung wala ang kaluwalhatiang iyon, kung walang mga taong pumapalibot sa kanila, nakakabagot ang buhay para sa kanila. Sa tingin nila ay hindi na makulay ang buhay, na walang direksiyon ang buhay nila, at na wala na itong kabuluhan at walang halaga. Sa tingin nila ay malungkot na ang buong buhay nila, kaya kailangan nilang bumalik sa industriya ng pelikula para maranasang muli ang pakiramdam ng pagiging isang bituin. Ang katangian nila ay pareho sa mga anticristo: Nagtataglay sila ng katulad na buktot na disposisyon at diwa. Kapag nagkakamit ng katayuan ang mga anticristo, ipinangangalandakan nila ito sa lahat ng lugar, nagiging diktador pa nga sila sa kanilang mga tahanan at pinasusunod nila sa kanila ang mga kapamilya nila. Nagtataglay ng isang buktot na disposisyon at diwa ang mga anticristo, at masyado silang mahilig sa katayuan, sinasadya nilang ipakita at ipangalandakan ito. Anong ipinapakita nito sa atin? May pakiramdam ba ng kahihiyan ang mga taong ito? Wala. Nagtatamo sila ng katayuan at iniisip nila na nagbago na ang pagkakakilanlan nila, at nagbago na maging ang ugnayan nila sa kanilang mga magulang. Hindi ba't may problema rito? Baluktot ito! Isang uri ng katibayan na naglalantad sa kanilang buktot na diwa ang kakayahan nilang magkaroon ng gayong saloobin sa katayuan.

Ang Diyos ang Lumikha, at ang Kanyang pagkakakilanlan at katayuan ang pinakamataas. Ang Diyos ay nagtataglay ng awtoridad, karunungan, at kapangyarihan, at mayroon Siyang sariling disposisyon at mga pag-aari at Kanyang pagiging Diyos. May sinuman bang nakakaalam kung ilang taon nang gumagawa ang Diyos sa gitna ng sangkatauhan at lahat ng nilikha? Ang partikular na bilang ng mga taon na gumagawa at namamahala ang Diyos sa lahat ng sangkatauhan ay hindi alam; walang makapagbibigay ng tiyak na bilang, at hindi iniuulat ng Diyos ang mga bagay na ito sa sangkatauhan. Gayumpaman, kung gagawa si Satanas ng ganitong bagay, ito ba ay iuulat nito? Tiyak na iyon ay gagawin nito. Gusto nitong ipangalandakan ang sarili para iligaw ang mas maraming tao at ipaalam sa mas maraming tao ang mga kontribusyon nito. Bakit hindi iniuulat ng Diyos ang mga bagay na ito? May mapagkumbaba at nakatagong aspekto sa diwa ng Diyos. Ano ang kabaligtaran ng pagiging mapagpakumbaba at tago? Ito ay ang pagiging mayabang at pagpapakitang-gilas. Gaano man kadakila ang gawaing ginagawa ng Diyos, sinasabi lang Niya sa mga tao ang kaya nilang maarok at maunawaan, kontento na Siya sa pagtutulot sa mga tao na makamit ang kaalaman, malaman ang diwa Niya sa pamamagitan ng gawaing ginagawa Niya. Anong mga pakinabang ang idinudulot nito sa mga tao? Anong resulta ang nakakamit nito? Ito ba ay na dapat malaman ng mga tao ang mga bagay na ito para sambahin nila ang Diyos? Sa katunayan ay hindi iyon ganoon. Ang magawa ng mga taong sambahin ang Diyos ay ang huling obhetibong kalalabasan, pero ano ang orihinal na layunin ng Diyos sa pagtulot sa mga taong malaman ang mga bagay na ito? Ito ay ang bigyan sila ng kakayahan, pagkatapos nilang magkaroon ng kaalaman sa mga bagay na ito, pagkatapos nilang maunawaan kung paano pinamamahalaan ng Diyos ang sangkatauhan at kung paanong

may kataas-taasang kapangyarihan Siya sa sangkatauhan at isinasaayos Niya ang sangkatauhan, para magawa nilang makapagpasakop sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, para hindi na sila lumaban nang walang saysay, at hindi na lumihis—sa ganitong paraan, hindi na masyadong magdurusa ang mga tao. Sa pamamagitan ng pamumuhay nang natural at pag-iral nang naaayon sa mga paraan at batas na ibinibigay ng Diyos, at ayon sa mga hinihingi Niya at mga prinsipyong ibinibigay Niya, hindi ka na mahuhulog sa mga patibong ni Satanas, ni magagawang tiwali at mayuyurakan sa ikalawang pagkakataon. Sa halip, mamumuhay ka magpakailanman sa mga panuntunang itinatag ng Diyos, mamumuhay nang may wangis ng tao at bilang isang nilikha, at matatanggap mo ang pangangalaga at proteksiyon ng Diyos. Ito ang orihinal na layunin at mithiin ng gawain ng Diyos. Kaya, sa napakalaking gawaing ginawa ng Diyos, ipinagyabang na ba Niya ito kahit minsan? Sinabi na ba Niya sa mga tao ang ginawa Niya? Hindi kailanman. Hindi alam ng maraming tao kung ano ang ginawa ng Diyos, o kung anong klaseng mga bagay ang ginawa ng Diyos at ano ang hindi. Sa katunayan, marami nang ginawa ang Diyos, pero hindi Niya kailanman idineklara ang mga ito sa sangkatauhan. Hindi idinideklara ng Diyos ang mga ito sa sangkatauhan; ang kailangan mo lang gawin ay maging malinaw sa dapat mong malaman. Sa hinaharap, magagawa nang umiral nang normal ng sangkatauhan sa lupa at tanggapin ang pamumuno ng Diyos, at kapag dumating ang Diyos sa sangkatauhan, magagawa ng mga taong magkaroon ng mga normal na pakikisalamuha sa Diyos, matanggap Siya, sambahin Siya, makinig sa mga salita Niya, at hindi na lumakad kasama ni Satanas. Sa ganitong paraan, magpapakita na sa lupa ang kaharian ng Diyos, at magkakaroon sa lupa ng isang grupo ng mga taong magagawang sambahin Siya, ng isang grupo ng mga taong kayang makinig sa mga salita Niya at isagawa ang mga ito. Kapag nagkagayon, maisasakatuparan na ang gawain ng Diyos; sapat nang makamit ang resultang ito. Kaya, kapag may ginagawang anuman ang Diyos, kung hindi mo nauunawaan o hindi mo ito alam, hindi ito ipapaliwanag ng Diyos sa iyo. Bakit hindi Niya ito ipinapaliwanag? Hindi na kailangan pang gawin iyon. Maraming bagay ang hindi mo nauunawaan, at hindi ibubunyag ng Diyos sa iyo ang ilang misteryo para ipaalam sa iyo ang mga ito o ipaunawa ang pagkakakilanlan at diwa Niya, o ipaunawa ang kapangyarihan Niya. Hindi gumagawa ng ganitong gawain ang Diyos. Ano ang pinagtutuunang gawin ng Diyos sa kasalukuyan? Nakatuon Siya sa pagpapaunawa sa mga tao sa katotohanan. Kapag naunawaan mo na ang katotohanan, makikilala mo na ang Diyos, magkakaroon ka na ng pundasyon para sa buhay mo, at magagawa mo nang magpasakop at sumamba sa Diyos sa hinaharap, at magagawa mo na ring kilatisin at talikuran si Satanas, hindi ka na malilihis nito o susunod dito—kapag nagkagayon, tapos na ang gawain Niya. Tungkol naman sa mga misteryong iyon, magkakaroon ng pagkakataon ang sangkatauhan na maunawaan ang mga iyon sa hinaharap, pero napakalawak ng mga misteryo ng mga kilos ng Diyos, at kahit na ibunyag ng Diyos ang mga iyon sa iyo, hindi iyon nangangahulugan na makakaunawa ka. Kahit na makaharap mo ang mga iyon, maaaring hindi mo maunawaan o maarok ang mga iyon. Bakit

ganoon? Ito ay dahil may distansiya sa pagitan ng mga nilikha at ng Diyos, sa pagitan ng mga isip ng tao at mga ideya ng Diyos. Halimbawa, maaaring alam mo na ang bahaghari ay isang tanda ng kasunduan sa pagitan ng Diyos at ng sangkatauhan, pero alam mo ba kung paano nabubuo ang bahaghari? Kung ipapaliwanag ng Diyos sa iyo ang misteryong ito, mauunawaan mo ba? Hindi, kaya hindi sinasabi ng Diyos sa iyo. Magiging mabigat para sa iyo kung ipapaliwanag Niya ito, dahil kakailanganin mong pag-aralan at suriin ito, na magdudulot ng problema sa iyo. Kaya, walang masyadong sinasabi ang Diyos tungkol sa mga misteryo. Pero kaya bang manahimik ng tao, na kay Satanas, kung alam niya ang tungkol sa mga misteryong ito? Hinding-hindi. Dito nagkakaiba-iba ang diwa nila. Ipinapaliwanag ba ng Diyos ang maraming bagay na ibinunyag Niya sa sangkatauhan sa loob ng maraming taon pero hindi naman kayang maunawaan kailanman ng mga tao? Gumagawa ba Siya ng mga kahima-himalang bagay? Hindi. Nilikha ng Diyos ang sangkatauhan, at alam ng Diyos kung gaano ang kayang maunawaan ng mga tao at kung hanggang sa anong antas nila ito kayang maunawaan. Nasa harap na ng mga tao ang mga bagay na ito, pero kung hindi kinakailangan na maunawaan nila, hindi na sila kailangang liwanagan pa o ipilit ang mga ito sa mga tao at gawing mga pasanin ang mga ito para sa kanila, kaya hindi gumagawa nang ganoon ang Diyos. Kaya, may mga prinsipyo sa mga kilos ng Diyos. Ang pakikitungo Niya sa sangkatauhan ay may pagkalinga, konsiderasyon, at pagmamahal. Nais ng Diyos kung ano ang pinakamabuti para sa mga tao—ito ang pinagmulan at orihinal na layunin sa likod ng lahat ng kilos ng Diyos. Sa kabilang banda, ipinangangalandakan ni Satanas ang kanyang sarili, ipinipilit ang mga bagay-bagay sa mga tao, hinihimok silang sambahin ito at mailigaw nito, at inaakay sila na maging masama, upang unti-unti silang maging mga buhay na diyablo at humantong sa pagkawasak. Ngunit kapag nananampalataya ka sa Diyos, kung nauunawaan at nakakamit mo ang katotohanan, makatatakas ka sa impluwensiya ni Satanas at matatamo mo ang kaligtasan—hindi mo mahaharap ang resulta ng pagkawasak. Hindi matiis ni Satanas na makitang maayos ang mga tao, at wala itong pakialam kung mabubuhay o mamamatay ang mga tao; ang iniisip lamang nito ay ang sarili nito, sarili nitong pakinabang, at sarili nitong kasiyahan, at wala itong pagmamahal, awa, pagpaparaya, at pagpapatawad. Hindi taglay ni Satanas ang mga katangiang ito; ang Diyos lamang ang nagtataglay ng mga positibong bagay na ito. Maraming gawain ang nagawa ng Diyos sa mga tao, ngunit kahit kailan ba ay nagsalita Siya tungkol dito? Naipaliwanag ba Niya ito? Naipahayag ba Niya ito? Hindi. Gaano man kamali ang pagkaunawa ng mga tao sa Diyos, hindi Siya nagpapaliwanag. Mula sa perspektiba ng Diyos, animnapu o walumpung taong gulang ka man, napakalimitado ng pagkaunawa mo sa Diyos, at batay sa liit ng nalalaman mo, bata ka pa rin. Hindi ito minamasama ng Diyos; isa ka pa ring bata na wala pa sa hustong gulang. Hindi mahalaga na maraming taon nang nabubuhay ang ilang tao at nagpapakita na ng katandaan ang katawan nila; napakamusmos at mababaw pa rin ng pagkaunawa nila sa Diyos. Hindi ka hinuhusgahan ng Diyos dahil dito—kung hindi mo nauunawaan, hindi mo talaga nauunawaan. Iyon ang

kakayahan mo at kapasidad mo, at hindi ito mababago. Walang ipipilit ang Diyos sa iyo. Hinihingi ng Diyos na magpatotoo sa Kanya ang mga tao, ngunit nagpatotoo na ba Siya sa Kanyang sarili? (Hindi.) Sa kabilang banda, natatakot si Satanas na hindi malalaman ng mga tao ang kahit pinakamaliit na bagay na ginagawa nito. Hindi naiiba ang mga anticristo: Ipinagmamalaki nila ang bawat maliit na bagay na ginagawa nila sa harap ng lahat. Sa pakikinig sa kanila, para bang nagpapatotoo sila sa Diyos—ngunit kung pakikingingan mo sila nang mabuti, matutuklasan mong hindi sila nagpapatotoo sa Diyos, kundi nagpapakitang-gilas at nagpapasikat. Ang intensyon at diwa sa likod ng sinasabi nila ay ang makipagtunggali sa Diyos para sa Kanyang hinirang na mga tao, at para sa katayuan. Ang Diyos ay mapagpakumbaba at nakatago, at si Satanas ay nagpapakitang-gilas. Mayroon bang pagkakaiba? Pagpapasikat laban sa pagpapakumbaba at pagiging tago: alin ang mga positibong bagay? (Pagpapakumbaba at pagiging tago.) Maaari bang ilarawan na mapagpakumbaba si Satanas? (Hindi.) Bakit? Kung huhusgahan ang buktot na kalikasang diwa nito, ito ay isang walang kuwentang basura; magiging hindi pangkaraniwan kay Satanas na hindi magpakitang-gilas. Paano matatawag na “mapagpakumbaba” si Satanas? Ang “kababaang-loob” ay tumutukoy sa Diyos. Ang pagkakakilanlan, diwa, at disposisyon ng Diyos ay matayog at marangal, ngunit hindi Siya kailanman nagpapakitang-gilas. Ang Diyos ay mapagpakumbaba at nakatago, upang hindi makita ng mga tao kung ano ang Kanyang nagawa, ngunit habang Siya ay nagtatrabaho nang kubli, ang sangkatauhan ay walang tigil na pinagkakalooban, pinangangalagaan, at ginagabayan—at ang lahat ng ito ay isinaayos ng Diyos. Hindi ba’t ang pagiging tago at kababaang-loob ang dahilan na hindi kailanman ipinapahayag ng Diyos ang mga bagay na ito, hindi kailanman binabanggit ang mga ito? Mapagpakumbaba ang Diyos at ito ay tiyak na dahil nagagawa Niya ang mga bagay na ito ngunit hindi Niya kailanman binabanggit o ipinapahayag ang mga ito, at hindi nakikipagtalos tungkol sa mga ito sa mga tao. Ano ang karapatan mong magsalita tungkol sa kababaang-loob kung hindi mo kaya ang ganitong mga bagay? Hindi mo ginawa ang alinman sa mga bagay na iyon, subalit ipinipilit mong mabigyan ka ng karangalan para sa mga iyon—ito ay tinatawag na pagiging walang-hiya. Sa paggabay sa sangkatauhan, isinasagawa ng Diyos ang ganoon kadakilang gawain, at pinamumunuan Niya ang buong sansinukob. Napakalawak ng Kanyang awtoridad at kapangyarihan, ngunit hindi Niya kailanman sinabi, “Ang Aking kapangyarihan ay ekstraordinaryo.” Nananatili Siyang nakatago sa lahat ng bagay, namumuno sa lahat, nagtutustos at nagkakaloob para sa sangkatauhan, tinutulutan ang lahat ng sangkatauhan na magpatuloy sa bawat henerasyon. Katulad ng hangin at ng sikat ng araw, halimbawa, o lahat ng mga materyal na bagay na kinakailangan para sa pag-iral ng tao sa mundo—dumadaloy ang lahat ng ito nang walang tigil. Na ang Diyos ay nagkakaloob sa tao ay hindi mapag-aalinlangan. Kung may ginawang mabuting bagay si Satanas, mananatili ba itong tahimik, at mananatiling isang hindi kilalang bayani? Hindi kailanman. Katulad ito ng kung paanong may ilang anticristo sa iglesia na dating nagsagawa ng mapanganib na trabaho, na tinalikuran ang

mga bagay-bagay at nagtiis ng pagdurusa, na maaaring napunta pa sa bilangguan; may ilan ding minsang nag-ambag sa isang aspekto ng gawain ng sambahayan ng Diyos. Hindi nila nakakalimutan ang mga bagay na ito, sa palagay nila ay karapat-dapat sila sa panghabambuhay na karangalan para sa mga ito, sa palagay nila ay panghabambuhay nilang puhunan ang mga iyon—na nagpapakita kung gaano kaliit ang mga tao! Ang mga tao ay talagang maliliit, at si Satanas ay walang kahihiyan.

Sabihin ninyo sa Akin, kung ang katayuan ng mga anticristo ay kapantay ng sa Diyos, ano ang kakailanganin nilang kainin at suotin? Kakailanganin nilang kumain ng pinakamasasarap na pagkain at magsuot ng mga damit na may pinakamamahaling tatak, hindi ba? Kaya, pagdating sa mga hinihingi nilang mga materyal na bagay, sabihin ninyo sa Akin, hindi ba't may mga partikular silang pamantayan? Kapag pumupunta sila sa kung saan, kailangan nilang mag-eroplano. Kapag dumating na sila roon, puwede ba silang patuluyin sa mga tahanan ng mga ordinaryong kapatid? Kahit na kaya ng mga ito, hindi makikituloy ang mga anticristo sa mga ito—kailangan nilang tumuloy sa mamahaling hotel. Hindi ba't napakapartikular ng mga anticristo tungkol sa mga pamantayan nila? Pagdating naman sa karangalan, pagtatamasa, at banidad na idudulot sa kanila ng katayuan, kaya ba nilang bitiwang ang mga ito? Basta't mayroon silang tamang mga kondisyon at pagkakataon, sinusunggaban nang buong-buo at tinatamasa nila ang mga bagay na ito. Ano ang mga prinsipyo nila? Basta't may katayuan sila, magkakaroon sila ng pera at makakapagsuot ng mamahaling damit at mga palamuti. Ayaw nilang magsuot ng mga ordinaryong bagay; kailangan nilang magsuot ng mga damit na may kilalang tatak. Ang kanilang mga kurbata, terno, kamiseta, cufflink, gintong kuwintas, at sinturon—lahat ay may kilalang tatak. Hindi ito magandang senyales, at hindi ba't nagdurusa ang mga kapatid dahil dito? Ginagamit ng mga anticristong ito ang perang inihahandog ng mga kapatid para bumili ng mga mamahaling bagay. Hindi ba't isang malaking kasamaan ang ginawa nila? Hindi ba't dulot ito ng kanilang kabuktutan? Ito ang klase ng mga bagay na kaya nilang gawin. May isang tao na nagdamit nang simple noong una siyang naging lider, mayroon lang siyang tatlo o limang pares ng damit na walang tatak o hindi mamahalin. Pagkatapos ng ilang taon sa pamumuno, dahil hindi siya gumawa ng anumang tunay na gawain, tinanggal siya. Nang umalis siya, napuno ang sasakyan ng mga gamit niya: mga may tatak na damit, bag, at lahat ng klase ng magandang kagamitan. Hindi naman siya kumita ng pera bilang isang lider, kaya saan galing ang mga gamit na ito? Galing ito sa katayuan niya. Kung tumanggi siya noong binili ng ibang tao ang mga gamit na ito para sa kanya, ipipilit pa rin ba ng mga kapatid na bilhin ang mga ito para sa kanya? Mangyayari ba ang ganoong bagay? Kung ayaw niya sa mga gamit na ito, hindi sana binili ng mga kapatid ang mga iyon para sa kanya. Ano ang problema rito? Puwersahan at sakim niyang kinukuha ang mga ito. Sa isang banda, kinikilan niya ang mga kapatid, at sa kabilang banda, siya mismo ang aktibong bumili sa mga ito. Bukod dito, hinayaan niya ang mga kapatid na bilhin ang mga gamit na ito para sa kanya, at kung sinuman ang tumanggi, inaapi niya ang mga ito at pinahihirapan sila. May kinalaman ang lahat

ng mga dahilang ito. Sa huli, nakatanggap siya ng “masaganang ani” at naging mayaman siya. Naiinggit ba kayo sa ganitong klase ng lider? Kung may pagkakataon kayo, makakamit rin ba ninyo ang ganitong klase ng yaman? Sasabihin Ko sa inyo, hindi mabuting maging mayaman sa ganitong paraan—may mga kahihinatnan ito! Kapag nagiging lider ang ilang tao, natatakot silang mangyari ang mga ito sa kanila. Iniisip nila na magiging masyadong matindi ang mga tukso, na magiging mahirap na iwasan o pangasiwaan ang mga tuksong ito, at na magiging madaling mahulog sa mga ito. Pero walang pakialam ang ilang tao, at iniisip nila, “Normal ito. Sino ba ang nagkakaroon ng katungkulan nang hindi natatamasa ang gayong mga bagay? Bakit ka pa kukuha ng katungkulan kung hindi lang din para doon? Iyon naman talaga ang dahilan!” Anong klaseng tinig ito? Tinig ito ng mga anticristo, at nasa panganib ang mga taong ito.

Halos tatlumpung taon na Akong gumagawa. Nangikil na ba Ako ng kahit ano mula sa kaninuman? Halimbawa, kung nakita Ko ang isang tao na may suot na magandang alahas, kinikil Ko ba ito sa kanya sa pamamagitan ng pagpapadala ng mensahe na gaya ng, “Ibigay mo sa Akin ang alahas mo; hindi ito bagay sa iyo. Ang ginto at pilak na alahas ay para sa mga taong may katayuan, at hindi ito dapat isuot ng mga walang katayuan”? Nangyari na ba ito? Hindi. Kahit na kapag may kaunting pera ang ilang kapatid at binilhan nila Ako ng leather jacket o ng kung ano, palagi Ko itong ibinabalik. Hindi dahil sa ayaw Ko ito; sadyang wala Akong paggagamitan ng mga gayong bagay. Kalaunan, inisip Ko ang tungkol dito: “Paano Ko dapat pangasiwaan nang angkop ang mga bagay na ito? Ano ang dapat Kong gawin para maiwasang masaktan ang mga taong bumili ng mga iyon?” Dinala Ko sa iglesia ang mga bagay na ito para maipamahagi ng mga kapatid ang mga ito nang ayon sa mga prinsipyo. Kung may handang bumili ng mahahalagang aytem na iyon, ipagbibili ng iglesia ang mga iyon nang may diskwento. Hindi ito tungkol sa pagkita ng pera; tungkol ito sa pangangasiwa ng bagay-bagay sa paraang angkop sa parehong panig. Walang sinuman ang dapat tumanggap ng mga ito nang libre dahil hindi ito orihinal na para sa iyo. Limitado ang mga aytem na ito at hindi puwedeng ipamahagi nang pantay-pantay sa lahat, at hindi angkop na ibigay ang mga ito sa sinuman. Kaya, ang magagawa lang ay ang bilhin ang mga iyon ng mga may pera at ng mga handang bumili. Siguradong mas mura ang mga iyon kaysa sa ibinebenta sa merkado, kaya isa itong pabor mula sa sambahayan ng Diyos. May karapatan Akong gawin ang mga bagay sa ganitong paraan. Iyon ay dahil kapag ibinigay sa Akin ang isang bagay, Akin na ito, at may karapatan Akong pangasiwaan ito sa paraang angkop sa pananaw Ko. Wala na itong kinalaman pa sa taong unang bumili nito. Sa pangangasiwa ng mga bagay sa ganitong paraan, naisaalang-alang Ko na ang pagpapahalaga sa sarili ng taong iyon. Wala dapat na anumang pagtutol, dahil ganap na angkop ang pamamaraang ito. Maraming kapatid ang bumili ng bagay-bagay para sa Akin. Hindi Ko sila inatasang bilhan Ako ng bagay-bagay, lalong hindi Ko hiningi sa kanilang gawin ito. Sinsero sila sa paggawa nito, na pinapahalagahan Ko, pero maraming bagay na hindi Ko kayang tanggapin dahil hindi Ko kailangan ang mga iyon. Isa itong praktikal na isyu. Angkop ba ang sinabi Ko? (Oo.)

Angkop din ba ang pangangasiwa Ko rito? (Oo.) May ilan ding kapatid na alam na sensitibo Ako sa lamig at hindi Ako kumakain ng malalamig na pagkain, kaya binilhan nila Ako ng ilang gamot para sa “lamig ng tiyan.” Gayumpaman, hindi masyadong maganda ang pakiramdam Ko pagkainom sa mga gamot na iyon—hindi kaya ng katawan Ko ang gayong mga eksperimento, kaya kailangan Kong mag-ingat sa maraming gamot. Kailangan ninyong maunawaan ito. Bumili rin ang ilang kapatid ng ilang health supplement, gaya ng mountain ginseng, pulang ginseng, at iba pang pampalakas. Hindi Ko puwedeng inumin ang anuman sa mga iyon. Bakit? Dahil hindi angkop ang mga iyon sa Akin. Hindi dahil sa hinahamak Ko ang mga binili ng mga kapatid para sa Akin o kung saan nila binili ang mga iyon; hindi Ko lang talaga puwedeng gamitin ang mga iyon; hindi Ko magawang gamitin ang mga iyon. Hindi lahat ng magandang bagay ay angkop sa lahat. Maraming magandang bagay sa mundo, at kapag ininom mo ang isang mabuting bagay at nagdulot ito ng di-magandang reaksiyon o ng allergy, ibig sabihin, hindi ito nakakabuti para sa iyo. Kaya, paano ito dapat pangasiwaan? Pinakamagandang ipagamit ito sa kung kanino ito naaangkop. Kaya, sasabihin Ko sa inyo, sinumang gumagastos para bilhan Ako ng bagay-bagay, tandaan ninyo ang mga salitang ito—huwag ninyong bilhin ang mga iyon. Kung may kailangan Ako, deretsahan Ko itong sasabihin sa iyo, at hindi na Ako magiging masyadong magalang tungkol dito. Kuha ninyo? Pero kapag dinala ninyo ang mga bagay na ito sa Akin, at sinabi Kong hindi Ko kailangan ang mga ito o hindi angkop ang mga iyon, hindi rin iyon nangangahulugan na nagiging magalang Ako sa inyo. Hindi ito huwad o mapagpaimbabaw. Tunay ang lahat ng sinasabi Ko; totoong lahat iyon. Pakiusap, huwag kayong maghanap ng ibang kahulugan kapag nagsasalita Ako. Kapag sinabi Kong hindi Ko ito kailangan, ibig sabihin, hindi Ko ito kailangan. Kapag sinabi Kong hindi Ko ito magagamit, ibig sabihin, hindi Ko ito magagamit. Anuman ang gawin ninyo, huwag na ninyong sayangin ang oras ninyo sa pag-iisip tungkol sa pagbili ng bagay-bagay o paggasta ng pera nang wala namang saysay. Huwag mong isipin na dapat ibigay sa Diyos ang lahat ng magandang bagay—alam mo ba kung kailangan Ko ang mga iyon o hindi? Kung hindi Ko kailangan ang mga iyon, hindi ba’t binili mo ang mga iyon nang walang saysay? Kung tunay na gusto mo Akong ibili ng isang bagay, hayaan mong sabihin Ko sa iyo—huwag mo Akong bilhan ng kahit ano. Kung sinasabi mong binili mo ito para sa Akin para ibahagi sa lahat, ayos lang, kaya Ko itong ipamahagi. Pagdating sa kung paano Ko tinatrato ang gayong mga bagay, at kung paano Ko tinatrato ang mga materyal na pag-aari na dulot ng katayuan at posisyon, ito ang saloobin Ko. Ganito rin ba tinatrato ng mga anticristo ang mga usaping ito? (Hindi.) Unang-una, siguradong hindi nila tinatanggi ang kahit ano—mas marami, mas mabuti. Sinuman ang nagpapadala ng mga regalo sa kanila o kung ano man ang mga ito, tinatanggap nila ang mga ito. Pangalawa, walang dudang nangingikil sila ng ilang bagay mula sa mga tao, at panghuli, kinukuha nila ang ilang bagay para sa sarili nila. Ito ang hinahanap nila at ang gusto nila; ito ang idinudulot sa kanila ng katayuang hinahangad nila.

Tungkol sa buktot na diwa ng mga anticristo, batay sa pagbabahaginan natin kapwa noong nakaraan at ngayon, kaya ba ninyong bumuo ng isang pangungusap ng pagbubuod na naglalantad sa buktot na diwang ito? Ito ang pinakamalaking katangian ng kabuktutan ng mga anticristo: Kinokondena nila ang lahat ng positibong bagay, lahat ng makatarungan at naaayon sa katotohanan, at lahat ng itinuturing na maganda sa sangkatauhan. Namumuhi at tutol sila sa mga bagay na ito. Sa kabaligtaran, ang lahat ng negatibo, at lahat ng kinokondena at hinahamak ng mga taong may konsensiya at katwiran at pagpapahalaga sa katarungan ay ang mismong kinatutuhan ng mga anticristo. Ito ang mga bagay na hinahangad at pinapahalagahan nila. May isa pang pangungusap na puwedeng magbuod dito: Kinamumuhian ng mga anticristo ang lahat ng positibong bagay na mula sa Diyos at kinamumuhian nila ang mga minamahal ng Diyos, sa halip, minamahal nila ang mismong mga bagay na kinasusuklamang at kinokondena ng Diyos. Ito ang kabuktutan sa mga anticristo. Ano ang pangunahing katangian ng kabuktutang ito? Ito ay na may espesyal silang pagkahilig sa lahat ng pangit at negatibong bagay, samantalang nasusuklamang at mapanlaban sila sa lahat ng bagay na maganda, positibo, at naaayon sa katotohanan. Iyon ang kabuktutan. Nauunawaan ninyo, hindi ba? Ang pagbabahaginan ngayon ay kinapapalooban ng paksa ng “kung ano ang minamahal ng mga anticristo.” Nagbigay rin tayo ng ilang halimbawa, mas tipikal ang ilan kaysa sa iba, pero puwedeng gamitin ang lahat ng ito bilang katibayan para ipaliwanag ang buktot na kalikasang diwa ng mga anticristo. Susunod, ang kailangan ninyong gawin pagkatapos nito ay ang pag-isipan at pagbahaginan kung aling mga buktot o mga positibong bagay ang nakikita at nauunawaan ninyo, kung aling mga negatibong bagay ang minamahal ng mga anticristo, kung aling mga positibong bagay ang kinamumuhian nila, at kung ano ang kaya na ninyong maunawaan, pati na rin ang nakikita at nararanasan ninyo. May magkaparehong ilang problema sa mga disposisyon at diwa ang mga anticristo at mga ordinaryong tiwaling tao, at bagama’t maaaring magkakaiba ang tindi ng mga pagkakaparehong ito, pareho ang mga diwa ng kanilang mga disposisyon. Maaaring magkaiba rin ang mga landas na tinatahak nila at ang mga layong hinahangad nila, pero nagbubunyag sila ng maraming magkakaparehong mga tiwaling disposisyong diwa. Samakatwid, ang paglalantad sa iba’t ibang aspekto ng diwa ng mga anticristo ay makakatulong para sa bawat tiwaling tao. Kung kayang kilatisin ng hinirang na mga tao ng Diyos ang diwa ng mga anticristo, matitiyak nila na hindi sila maililigaw ng mga ito at hindi rin sila sasamba o susunod sa mga ito.

Agosto 7, 2019

Ikapitong Aytem: Sila ay Buktot, Lihim na Mapanira, at Mapanlinlang (Ikatlong Bahagi)

Karagdagang Babasahin

Mga Regalo

Bago Ako pumunta sa pangunahing paksa ng pagbabahaginang ito, hayaan ninyo Akong magkuwento. Anong klase ng kuwento ang dapat Kong isalaysay? Kung wala itong epekto sa mga tao, o kung hindi ito nakapagpapatibay o nagbibigay ng kapakinabangan sa mga nananampalataya sa Diyos pagdating sa buhay pagpasok at pagkilala sa Diyos, walang saysay na ikuwento ito. Kung magkukuwento Ako, dapat nakapagpapatibay kahit papaano ang kuwentong iyon—kailangan na may halaga at kahulugan ito. Kaya, pakinggan ninyo ang kuwentong ito ngayon at tingnan ninyo kung makapagpapatibay at makakatulong ba ito sa inyo. May mga kuwentong totoo, habang ang iba ay mga kathang-isip na batay sa mga tunay na pangyayari; hindi totoo ang mga ito, pero madalas nakikita ang mga ito sa totoong buhay, kaya hindi nalalayo sa realidad ang mga ito. Kathang-isip man ang mga ito, o nangyari talaga, malaki ang kaugnayan ng mga ito sa buhay ng mga tao. Kaya bakit Ko ibabahagi sa inyo ang mga ganitong kuwento? (Para maunawaan namin ang katotohanan.) Tama: Para maunawaan ninyo ang katotohanan mula sa mga ito—ilang katotohanang mahirap para sa mga tao na malaman sa tunay na buhay. Gamitin natin ang pagkukuwento para ilapit sa realidad ang kaalaman ng mga tao tungkol sa katotohanan at sa Diyos at para mas madali nilang maunawaan ang katotohanan at ang Diyos.

Kapag nakikisalamuha Ako sa mga tao sa loob ng mahabang panahon, hindi maiiwasan ang mga kakaiba at nakakatuwang insidente. Nangyari ito sa tagsibol ng taong ito. Dahil lumipas na ang taglamig at papalapit na ang tagsibol, nagiging katamtaman na ang klima, at nagsimula nang umusbong ang lahat ng klase ng halaman, lumalago ang mga ito araw-araw sa ilalim ng sikat ng araw at ng ulan. Ilan sa mga halamang ito ay ligaw, at ilan sa mga ito ay sinadyang patubuin; may nakalaan para kainin ng hayop, may ilang nakalaan para kainin ng mga tao, at mayroon ding para kainin ng mga hayop at tao. Ito ay isang eksena ng tagsibol: isang luntian at masiglang tanawin. At dito nagsisimula ang kuwento. Isang araw, nagulat Ako nang makatanggap Ako ng isang espesyal na regalo. Anong klaseng regalo? Isang supot ng gulay na ligaw. Sabi ng taong nagbigay nito sa Akin, “Ito ay shepherd’s purse—maaari itong kainin at mabuti ito para sa kalusugan Mo. Maaari Mo itong lutuin kasama ng binating itlog.” Tama naman iyon. Pagkatapos, ikinumpara Ko ito sa shepherd’s purse na binili Ko dati, at pagkatapos Kong gawin ito, agad Kong nakitang may problema. Mahuhulaan ba ninyo kung ano? May nakita Akong “misteryo.” Anong misteryo? Iba ang hitsura ng shepherd’s purse na galing sa ibang bansa kumpara sa shepherd’s purse na galing sa Tsina. May mali ba rito? (Oo, mayroon.) Kung magkaparehong halaman iyon, dapat magkamukha ang mga iyon, kaya

ano ang unang bagay na papasok sa isip mo pagkatapos mong matuklasan na iba ang hitsura nito? Shepherd's purse ba talaga ito, o hindi? Hindi Ako makasiguro. Hindi ba't kailangan Kong tanungin ang taong iyon kung ano ang nangyayari? Kaya kalaunan, pinuntahan Ko siya at tinanong, "Sigurado ka bang shepherd's purse ito?" Pinag-isipan niya ito at sumagot, "Ah, hindi ako sigurado kung shepherd's purse ito o hindi." Kung hindi siya sigurado, bakit niya ito ibinigay sa Akin? Bakit siya nangahas na ibigay ito sa Akin? Mabuti na lang at hindi Ko ito basta kinain. Pagkalipas ng dalawang araw, naging sigurado Akong hindi talaga ito shepherd's purse. Ano ang sinabi ng taong iyon? Sabi niya, "Paano Mo nalamang hindi iyon shepherd's purse? Hindi ako sigurado, pero hayaan Mo na: Huwag Mo nang kainin iyon." Maaari pa bang kainin ang ganoong bagay? (Hindi na.) Hindi na ito maaaring kainin. Kung sasabihin Kong, "Hindi ka sigurado, pero magbabakasakali Ako at kakainin Ko ito, dahil napakabait mo," tama ba iyon? (Hindi.) Ano ang kalikasan ng pagkilos nang ganoon? Magiging kahangalan ba iyon? (Ganoon na nga.) Oo, kahangalan ito. Sa kabutihang palad, hindi Ko ito kinain, at hindi Ko na rin inusisa pa ang isyu, kaya natapos na ang usapan.

Paglipas ng panahon, nagsimulang tumubo ang lahat ng klase ng mga ligaw na halaman sa mga parang: may matataas at mabababa, namumulaklak at hindi namumulaklak, at mga halaman na may lahat ng uri ng kulay at anyo. Dumami ang mga ito, mas kumakapal at mas nagkakahugis. Isang araw, nakatanggap Ako ng isa na namang supot ng regalo, pero hindi na ito supot ng shepherd's purse. Sa halip, naglalaman ito ng Chinese mugwort, galing sa parehong tao. Napakabait niya na nagpadala siya ng isa pang supot, at kalakip nito ay mga tagubilin, "Subukan Mo ito. Ito ay Chinese mugwort: Nagpapainit ito ng katawan, at maaari Mo rin itong lutuin kasama ng binating itlog." Tiningnan Ko ito: Hindi ba't annual mugwort ito? Matatagpuan sa maraming parte ng Tsina ang Chinese mugwort, at may espesyal na bango ang mga dahon nito, pero hindi iyon ang ipinadala ng lalaki—paano iyon papasang Chinese mugwort? Medyo magkamukha ang mga dahon, pero pareho ba, o hindi? Tinanong Ko ang lalaking nagbigay nito sa Akin, pero sinabi niyang hindi niya alam—sa pagsasabi nito, ganap niyang hindi inako ang responsabilidad. Tinanong pa niya, "Bakit hindi Mo pa ito kinakain? Kahit na hindi ako sigurado kung ano ito, dapat kumain Ka kahit kaunti. Kumain ako ng kaunti, at malasa talaga ito." Hindi siya sigurado, pero hinihimok niya Akong kainin ito. Ano sa tingin ninyo ang dapat Kong ginawa? Dapat ba pinilit Ko ang sarili Kong kainin ito? (Hindi.) Tiyak na hindi dapat ito kainin, dahil hindi man lang alam ng taong nagpadala nito kung ano ito. Kung sumugal Ako at kinain iyon para sumubok ng bago, maaaring walang mangyari, dahil ang sabi ng taong kumain nito ay ayos naman ito. Pero paano naman ang pagkilos gaya ng pag-iisip na ayos ito at pagkain nito nang walang kamalay-malay? Hindi ba't pikit-matang paggawa iyon ng mga bagay? Anong klase ng tao ang pikit-matang gumagawa ng mga ganoong bagay? Isang taong magaspang at walang ingat lang ang gagawa nito—isang taong iniisip na, "Hindi na mahalaga kung totoong mugwort ba iyon o hindi; puwede na iyon." Sa tingin ninyo, dapat

Ko bang gawin ito? (Hindi.) Bakit hindi? Maraming bagay na maaaring kainin; bakit kailangan mangahas na kumain ng di-kilalang halaman? Sa panahon ng taggutom, kapag talagang wala nang natitirang pagkain, maaari kang humukay ng iba't ibang klase ng ligaw na gulay para subukang kainin, at maaari kang makipagsapalaran. Sa mga ganitong sitwasyon, maaari kang kumain ng di-kilalang halaman. Pero ngayon ba ay isa ito sa mga ganoong sitwasyon? (Hindi.) Napakaraming bagay ang maaari mong kainin, kaya bakit ka maghuhukay para sa mga ligaw na gulay? Kinakailangan bang makipagsapalaran para lang sa isang kakarampot na benepisyo na hindi nakikita, hindi nahahawakan, at pawang imahinasyon lang? (Hindi.) Kaya nagpasya Akong hindi ito kainin. Hindi Ko ito kinain, sa kabutihang palad, at hindi Ko na rin ito sinuri pa nang lubusan, at natapos na rin ang usaping iyon.

Pagkalipas ng ilang panahon, binigyan Ako ng lalaking iyon ng isa pang regalo; pangatlong beses na ito. Ang regalo sa pagkakataong ito ay napakaespesyal: Hindi ito tumubo galing sa lupa, ni ibinunga ng puno. Ano ito? Dalawang itlog ng ibon, maayos na nakabalot sa isang papel na supot kung saan nakasulat ang mga salitang “Mga Itlog ng Ibon Para sa Diyos.” Nakakatawa, hindi ba? Nang buksan Ko ang papel na supot, nakita kong maganda ang kulay ng mga balat ng dalawang itlog. Hindi pa Ako nakakita ng katulad ng mga ito noon, kaya hindi Ko masabi kung anong uri ng ibon ang nangitlog ng mga ito; naisip Kong humanap ng impormasyon sa internet, pero wala Akong makitang anumang impormasyon, dahil maraming itlog ang may parehong disenyo at kulay, kaya walang paraan para matukoy ito batay sa sukat at kulay. May sinuman ba sa inyo na nag-iisip na may saysay pa na tanungin Ko ang lalaking iyon kung anong uri ng mga itlog ng ibon ang mga ito? (Wala.) Bakit wala? (Hindi niya rin ito alam.) Tama ang hula ninyo; hindi niya rin ito alam. Kaya hindi Ko siya tinanong. Kung tinanong Ko siya, masasaktan Ko lang ang damdamin niya, at iisipin niya, “Mabuti ang intensiyon ko at nagmamalasakit ako, pero pinagdududahan Mo pa rin ako. Bakit kinailangan Mo pang hanapin ang mga ito sa internet? Dahil ibinibigay ko ang mga ito sa Iyo para kainin, kainin Mo na lang!” Sa tingin ninyo, dapat bang kinain Ko ang mga itlog, o hindi? (Dapat hindi.) Kung ibinigay niya ang mga ito sa inyo, kakainin ba ninyo ang mga ito? (Hindi.) Ganoon din Ako. Ang mga itlog na ito ay para pisain at magparami ng mga ibon. Hindi ba’t kalupitan ang pagkain sa mga ito? (Ganyan nga.) Hindi Ko iyon kayang gawin, kaya ang usapin tungkol sa mga itlog ng ibon ay natapos, pero patuloy pa ring nangyari ang mga ganitong bagay.

Isang araw, may nakita Akong ilang annual mugwort—na kamukha ng Chinese mugwort—na pinatutuyo sa rehas sa isang lugar, kaya tinanong Ko ang isang kapatid na babae kung para saan ito. “Hindi ba’t ito ay parehong uri ng Chinese mugwort na ibinigay sa Iyo dati noong lalaki?” ang sagot niya. “Nakakaalis ng halumigmig at nagpapainit ng katawan ang Chinese mugwort. Hindi ba’t sensitibo Ka sa lamig? Sinabi noong lalaki na, sa sandaling matuyo ito, itatabi niya ito para magamit Mo sa paglublob ng paa sa mainit na tubig, para magpainit ng katawan.” Ano sa tingin ninyong lahat ang

naging reaksiyon Ko, nang marinig Ko iyan? Dalawang salita. (Hindi makapagsalita.) Tama iyan, hindi Ako makapagsalita. Sa mga pagkakataong gaya nito, hindi ba't dapat pinagnilayan Ko kung gaano nagmamalasakit ang taong ito, at kung paanong nag-abala talaga siya? Bakit Ako hindi makapagsalita? Ito ay dahil ang taong ito ay ilang beses nang hindi nagkaroon ng kamalayan noon sa mga usaping ito at pagkatapos ay nagbago ng pamamaraan, na tila nagsasabi, "Nagbigay ako ng mga gulay at itlog sa Iyo, pero hindi Mo kinain ang mga iyon, kaya nagpatuyo ako ng ilang Chinese mugwort para sa mainit na tubig na paglulubluban Mo ng paa, para hindi masayang ang mga ginawa ko." Sa sitwasyong ito, talagang hindi Ako makapagsalita. Kalaunan, sinasabi Ko sa isa pang tao na marami nang botika ngayon ang nag-iimbak ng mga Chinese mugwort. Maaari ka nang bumili gaano man karami ang gusto mo: May iba't ibang pagkakabalot ito, ginagawa na ito ng iba't ibang bansa, at malinis ang pagproseso sa mga ito. Ito ay talagang mas mainam kumpara sa ipinadala ng lalaking iyon sa Akin, kaya hindi ba't sayang lang na pitasin ito sa tabi ng daan at pagkatapos ay ilagay sa mga rehas para matuyo sa araw? Kung pinatuyo niya ito at ibinigay sa Akin, sa tingin mo ba gusto Ko ito? (Hindi Mo ito gusto.) Hindi Ko ito gusto. Nang maglaon, wala nang mugwort sa mga rehas, dahil nakarating na sa kanya ang sinabi Ko, at tumigil na siyang magpadala. Kalaunan, noong mas marami nang mga ligaw na gulay sa parang, hindi na siguro itinuring na bihira ang mga ito, kaya wala nang nagpadala sa Akin ng mga ligaw na gulay. At hula Ko na malamang ay napisa na ang mga itlog ng ibon magmula noon at hindi na maaaring kolektahin ang mga ito, kaya hanggang ngayon, hindi na Ako nakatanggap ng mga itlog ng ibon o mga ligaw na gulay. At iyan ang kuwento Ko.

Sa kabuuan, may apat na insidente sa kuwento, na lahat tungkol sa mga bagay na ipinapadala sa Akin: Ang dalawa ay tungkol sa pagpapadala ng mga di-kilalang ligaw na gulay, ang isa ay tungkol sa pagpapadala ng mga di-kilalang itlog ng ibon, at ang isa pa ay tungkol sa mga pinatuyong "tradisyonal na gamot ng mga Tsino." Maaaring medyo nakakatawang pag-usapan ang mga bagay na ito, pero pagdating sa mismong mga insidente, ano ang mga impresyon ninyo, kung mayroon man, nang marinig ninyo ang mga ito? Mayroon bang anumang bagay na dapat ninyong maunawaan o makuha mula sa mga ito, mga aral na dapat ninyong matutunan? Ano ang iniisip ninyong lahat noong nakikinig kayo? Nakatuon ba sa isang partikular na tao ang mga bagay na inilahad Ko? Tiyak na hindi. Pero kung gayon, kung hindi nakadirekta ang mga ito sa sinumang partikular na tao, bakit Ako nagsasalita tungkol sa mga ito? May kabuluhan ba ito? O kaswal na usapan lang ba ito? (Hindi.) Dahil hindi ninyo ito itinuturing na walang saysay na usapin, alam ba ninyo kung bakit Ako nagsasalita tungkol dito? Bakit ginawa ng lalaking ito ang mga ganitong bagay? Ano ang kalikasan ng kanyang pag-uugali? Ano ang kanyang motibo? Ano ang mga problema rito? Kailangan bang iugnay ang mga ito sa tunay na buhay? Mauunawaan ninyo ang katotohanan kung nakikilatis ninyo ang mga tao at ang kalikasan ng mga mismong insidente kaugnay sa tunay na buhay. Sa tingin ninyo, ang lalaking gumawa ng mga bagay na ito ay may mabubuti bang intensiyon o

masasamang intensiyon? (Mabubuting intensiyon.) Una sa lahat, isang bagay ang tiyak: Mabuti ang intensiyon niya. Ano ang mali sa mabubuti niyang intensiyon? Ang paggawa ba ng mga bagay-bagay nang may mabubuting intensiyon ay nangangahulugang nagmamalasakit ka? (Hindi palagi.) Kung ang mabubuting intensiyon ang motibo ng isang tao sa paggawa ng isang bagay, tiyak bang walang karumihan ng tiwaling disposisyon? Hindi. Kung gayon, tinatanong Ko kayong lahat, kung magalang at masunurin ka sa mga magulang mo, bakit hindi mo sila padadalhan ng mga ganitong bagay para kainin? O kung gusto mo at pinagmamalasakitan mo ang mga amo at lider mo, bakit hindi mo sila bibigyan ng mga bagay na gaya nito para kainin? Bakit hindi ka mangangahas na gawin ito? Ito ay dahil takot kang may mangyaring masama. Takot kang mapinsala mo ang mga magulang mo, mga lider mo, at mga amo mo, kung gayon, hindi ka ba takot na mapinsala ang Diyos? Ano ang mga layunin mo? Ano ang kalakip ng kabaitan mo? Sinusubukan mo bang linlangin ang Diyos? Sinusubukan mo bang paglaruan Siya? Mangangahas ka bang gumawa ng mga ganitong bagay sa Diyos bilang Espiritu? Magkakaroon ka ba ng may-takot-sa-Diyos na puso kung nakita mo na ang katawan ng Diyos ay normal na pagkatao, at sa halip na katakutan mo Siya, mangangahas kang gumawa ng mga ganyang bagay? Kung wala kang may-takot-sa-Diyos na puso, tunay ka bang nagmamalasakit kung gagawa ka ng mga ganitong bagay? Hindi iyan pagmamalasakit: Iyan ay panlilinlang at paglalaro sa Diyos, at sukdulang kapangahasan mo iyan! Kung talagang responsable kang indibidwal, bakit hindi ikaw mismo ang unang kumain at tumikim ng isang bagay, para siguruhing walang mali bago ito dalhin sa Diyos? Kung dadalhin mo ito nang direkta sa Diyos nang hindi mo ito mismo nakakain at natitikman, hindi ba't pinaglalaruan mo ang Diyos? Hindi mo ba nadaramang nasasalungat mo ang disposisyon ng Diyos sa paggawa nito? Ito ba ay isang bagay na malilimutan ng Diyos? Kahit na malimutan mo ito, hindi ito malilimutan ng Diyos. Kapag may ginagawa kang ganitong bagay, ano ang tumatakbo sa isip mo? Hindi mo ito tinikman, at wala kang siyentipikong ebidensiya, pero nangahas kang ibigay ito sa Diyos. Responsable bang pag-uugali ito? Kung mapipinsala mo ang Diyos, ano ang responsabilidad na papasanin mo? Kahit pa hindi ka parusahan ng batas, parurusahan ka ng Diyos magpakailanman. Ni hindi mo maiisip na mabuting ibigay ang basurang ito sa mga lider at opisyal na walang pananampalataya, at iisipin mong nakakahiya ito, kaya anong uri ng mga layunin ang mayroon ka para ibigay ito sa Diyos? Ganoon ba kababa ang halaga Ko? Kung bibigyan mo ang amo mo ng isang supot ng ligaw na gulay, ano ang iisipin niya? "Iyan lang ba ang halaga ko? Binibigyan ako ng mga tao ng pera at mga bagay na may tatak, pero bibigyan mo ako ng isang dakot na damong ligaw?" Maglalakas-loob ka bang gawin ito? Tiyak na hindi. Pero kung gagawin mo nga ito, ano ang ikababahala mo? Ang unang bagay na kailangan mong pag-isipan ay, "Ano ba ang gusto ng amo ko? Kailangan ba niya ang bagay na ito? Kung hindi niya ito kailangan, at ibibigay ko pa rin ito sa kanya, pahihirapan ba niya ako? Aapihin niya ba ako at pahihirapan sa trabaho? Kung maging seryoso ang mga bagay, tatanggalin ba niya ako sa pamamagitan ng paghahanap ng

dahilan at paghahanap ng magagamit laban sa akin?” Naiisip mo ba ang alinman dito? (Oo.) Kung gusto mong pasiyahin ang amo mo, ano ang unang bagay na dapat mong ibigay sa kanya? (Isang bagay na gusto niya.) Hindi sapat ang pagbibigay lang ng bagay na gusto niya. Kung kailangan niya ng baso ngayon, halimbawa, puwede ka bang gumastos ng 10 o 20 RMB para bilhan siya ng isa at ibigay sa kanya? (Hindi.) Kailangang bigyan mo siya ng isang bagay na ginto, isang bagay na pilak, isang bagay na presentable. Bakit mo siya bibigyan ng isang bagay na mag-aalangan kang bilhin para sa sarili mo? (Para magbigay-lugod sa kanya.) Ano ang layunin ng pagbibigay-lugod sa kanya? Una sa lahat, sa pinakamababa, maaari ka niyang kanlungin, at sa kapangyarihang taglay niya, maaari ka niyang ipagtanggol at gawing matatag at ligtas ang trabaho at suweldo mo. Kahit papaano man lang, hindi ka niya pahihirapan. Kaya, hindi mo siya kailanman bibigyan ng isang bungkos ng di-kilalang ligaw na gulay. Hindi ba’t ganoon iyon? (Ganoon nga.) Ni hindi mo kayang gawin iyan sa amo mo, kaya bakit ginawa iyan sa Akin ng lalaking nagbigay sa Akin ng damong ligaw? Naisip ba niya ang mga kahihinatnan? Tiyak na hindi niya naisip. At bakit hindi? May ilang magsasabi, “Dahil hindi Mo kami pahihirapan.” Ganoon ba iyon kasimple? Dahil hindi Ko siya pahihirapan, ganoon ba? Paanong nangahas siya na magbigay sa Akin ng mga bagay tulad nito? (Inisip niyang mabuti ang mga layunin niya.) Tama iyan—pinagtakpan niya ang lahat ng kapangitan at kasamaan niya gamit ang mabubuting layunin, ibig sabihin, “Mabubuti ang layunin ko para sa Iyo, pero hindi ganoon ang ibang tao! Tingnan Mo ang lahat ng ligaw na gulay na ito. Sino ba ang humukay sa mga ito para sa Iyo? Hindi ba’t ako?” Anong uri ng saloobin ito? Anong uri ng pag-iisip ito? Naaayon ba ang mabubuting layuning ito sa pagkatao? Kung ni hindi naaayon ang mga ito sa pagkatao, maaari bang umayon ang mga ito sa katotohanan? (Hindi maaari.) Wala nang ilalayo pa ang mga ito sa katotohanan! Ano ang mabubuting layuning ito? Talaga bang mabubuting layunin ang mga ito? (Hindi.) Kung gayon anong uri ng saloobin ang kalakip ng mga ito? Anong uri ng mga karumihan at diwa ang nilalaman ng mga ito? Kahit kayong mga kabataan na kakaunti pa lang ang nakita sa mundo ay nakakaunawa na hindi ka puwedeng basta magregalo sa amo mo nang walang ingat; kailangan mong isipin ang mga kahihinatnan. Kung ang isang lalaking marami nang pinagdaanan at nasa mga apatnapu o limampung taong gulang na ang magbibigay sa Akin ng mga ganitong bagay, sa pananaw ninyo, ano ang kalikasan nito? Karapat-dapat bang talakayin natin ito rito? (Oo.) Kaya kapag nasabi at nagawa na ang lahat, ano ang kalikasan nito? Walang-ingat Akong binigyan ng lalaking iyon ng ilang ligaw na gulay, hiniling na kainin Ko ang mga iyon kahit siya mismo ay hindi alam kung ano ba ang mga iyon. Nang sabihin Kong hindi kamukha ng mga iyon ang ganoong uri ng ligaw na gulay, agad niyang sinabi sa Akin na huwag kainin ang mga iyon—at hindi riyang nagtatapos. Nagpadala siya sa Akin ng isa pang uri ng mga ligaw na gulay para kainin. Hindi Ko kinain ang mga iyon, at sinabi niya, “Kumain Ka nang kaunti, masarap ang mga iyon. Nasubukan ko na iyon.” Anong klaseng saloobin iyan? (Pagiging walang galang at iresponsable.) Tama iyan. Nadarama ba ninyong lahat ang saloobing ito?

(Nadarama namin.) Mabuti ba ang layunin nito? Walang anumang mabuting layunin dito! Kumuha siya ng kung ano lang nang libre at pagkatapos ay inilagay niya ito sa isang plastik na supot at ibinigay sa Akin, hinihiling na kainin Ko. Kahit na pipitas ka ng ilang ligaw na gulay para pakainin ang mga tupa at kuneho, kailangan mo pa ring pag-isipan, “Maaari bang malason ang mga hayop kung kakainin nila ito?” Hindi ba’t iyan ay isang bagay na dapat mong isaalang-alang? Kung hindi ka handang makipagsapalaran kapag nagpapakain ng mga hayop, paanong kukuha ka na lang ng anumang bungkos ng ligaw na gulay at ibibigay mo sa Akin para kainin? Anong uri ng disposisyon iyan? Ano ang kalikasan ng problema? Nauunawaan ba ninyo? Kung ganito Ako tratuhin ng ganitong tao, sa tingin ninyo, paano niya tatrathin ang mga nakabababa sa kanya o ang isang taong itinuturing niyang isang ordinaryong tao? Kaswal lang itong pakikipaglaro. Anong disposisyon iyon? Iyon ay buktot at malupit. Maituturing ba siyang mabuting tao? (Hindi, hindi maaari.) Siya ay hindi maituturing na mabuting tao. Ang hindi pagseseryoso sa mga katawan at buhay ng mga tao, ang pagsasapalaran sa mga iyon at hindi pagkadama ng anumang pagkatapos, at ang kawalan pala ng anumang pagbagabag ng konsensiya, kundi kaya pang gawin ang bagay na iyon nang paulit-ulit: ito ay talagang kakaiba.

Sa simula ng kuwento, nagbanggit Ako ng ilang salitang maaaring hindi ninyo gaanong binigyan ng atensiyon. Sinabi Ko na ilan sa mga ligaw na gulay na iyon ay para sa pagkain ng tao, ang ilan ay para sa pagkain ng mga hayop, at ang ilan ay para sa pagkain ng kapwa tao at hayop. Ito ay isang “kilalang kasabihan,” at may pinagmulan ito. Alam ba ninyo kung saan ito nanggaling? Ito ay may tinutukoy na isang kuwento. Galing ito sa lalaking nagbigay ng ilang regalang ito sa kuwentong iyon. Ang lalaking ito ang namamahala sa pagtatanim, at mayroon siyang tatlong uri ng tanim na mais. Ano ang tatlong uri? Ang uri na kinakain ng mga tao, ang uri na kinakain ng mga hayop, at ang uri na parehong kinakain ng mga tao at hayop: ang tatlong iyon. Ang tatlong uring ito ng mais ay talagang kawili-wili. Narinig na ba ninyo ang mga ito dati? Hindi pa, at ito rin ang unang pagkakataong narinig Ko ang mga ito—dahil pambihira ang mga ito. Sa huli, dahil ang mga taong nagtanim sa mga ito ay napakairesponsable, napaghalo-halo ang tatlong uri ng mais: ang mga mais na para sa pagkain ng mga hayop ay pinakain sa mga tao, habang ang mga mais na para sa pagkain ng tao ay pinakain sa mga hayop. Pagkatapos kainin ang mga ito, nagreklamo ang lahat na hindi maganda ang lasa ng mais, na hindi ito lasang butil, at medyo lasang damo ito. Ano ang ginawa ng mga taong nagtanim ng mais? Dahil iresponsable sila sa paggampan ng kanilang tungkulin, napaghalo nila ang mga mais na para sa pagkain ng tao at ang mais na para sa pagkain ng mga hayop, hanggang sa wala nang makapagbukod sa dalawa, at kinailangan nilang bumili ng mas marami pang buto at itanim uli ang mga ito. Ano ang tingin ninyong lahat sa kung paano nagawa ang gawaing ito? Wala bang prinsipyo ang mga ganitong uri ng tao sa mga kilos nila? (Wala.) Sa kanilang mga kilos, hinahanap ba nila ang katotohanan? (Hindi.) Sa ganitong uri ng saloobin sa paraan nila ng pagkilos, na walang respeto at iresponsable tungo sa lahat ng tao, ano ang iniisip ng mga ganitong tao tungkol sa pananampalataya

sa Diyos? Ano ang kanilang pamamaraan sa katotohanan? Sa puso nila, gaano kabigat ang katotohanan? Gaano kahalaga ang pagkakakilanlan ng Diyos? Alam ba nila? (Hindi nila alam.) Hindi ba't dapat alam nila ang mga ganitong mahahalagang usapin? Kung gayon bakit hindi nila alam? Ito ay may kinalaman sa kanilang disposisyon. Ano ang disposisyong iyon? (Iyon ay kabuktutan.) Iyon ay kabuktutan, at iyon ay pagiging tutol sa katotohanan. Wala silang malay tungkol sa kalikasan ng ginagawa nila, at hindi nila kailanman sinubukang magnilay o maghanap, at hindi rin nila sinisiyasat ang mga sarili nila pagkatapos nilang gumawa ng mga bagay-bagay. Sa halip, ginagawa lang nila kung ano ang nais nila, iniisip nila na, hangga't mayroon silang mabubuti at tamang layunin, hindi nila kailangan ang sinuman para pangasiwaan o punahin sila; iniisip nila na natupad nila ang mga responsabilidad at obligasyon nila. Ganoon nga ba? May ilang taong nagsasabi, "Nauunawaan namin ang kuwentong ibinahagi Mo sa amin, pero hindi pa rin namin maunawaan ang parteng pinakainaalala namin, at iyon ay: Ano ang saloobin Mo sa pangyayari ng ganitong uri ng bagay? Ano ang saloobin Mo sa taong gumagawa ng mga ganitong bagay? Iyon ba ay galit, pagtaboy, at pagkamuhi? O gusto Mo ba ang ganitong uri ng tao?" (Iyon ay pagkasuklam.) Hindi ba't dapat kasuklaman ang ganitong uri ng bagay? (Dapat nga.) Ano ang iisipin ninyo kung mangyari ang ganitong uri ng bagay sa inyo? Sabihin na nating may isang mabait na taong nagbigay sa iyo ng ilang di-kilalang bagay nang paulit-ulit, talagang sinisikap niyang hikayatin ka, "Kainin mo ang mga ito, mabuti ang mga ito para sa katawan mo; kainin mo ang mga ito, tutulungan ka ng mga ito na mapanatili ang kalusugan mo; kainin mo ang mga ito, pagagandahin at pasisiglahin ka ng mga ito. Walang masama kung makikinig ka sa akin!" Ano ang iisipin mo kung napatunayan na walang halaga ang mga bagay na iyon? (Kung ako iyan, malamang hindi na ako mag-aabala pa sa ganitong uri ng tao; maiinis ako sa kanya at wala akong masasabi—mga ganyang uri ng damdamin.) Dapat masuklam at masulasok ang isang tao sa mga ganitong tao. Ano pa? Dapat bang magalit, malungkot, o masaktan ang isang tao? (Wala nang saysay iyon.) Wala nang saysay iyon, hindi ba? Hindi ba't may mga taong nagsasabing, "Malamang ginawa ito ng taong ito dahil hindi niya nauunawaan ang katotohanan"? Karamihan sa mga tao ay hindi nakakaunawa sa katotohanan, pero ilan sa kanila ang may kakayahang gumawa ng mga ganoong bagay? Hindi ba't magkakaiba ang mga tao? (Magkakaiba nga.) Magkakaiba ang mga tao. Ito ay gaya na lang ng kapag nakikihalubilo ang mga tao sa isa't isa: Kapag may palitan ng mga materyal na bagay, may mga taong naghahanap ng pagiging patas at makatwiran. Kahit pa hinahayaan ng mga taong ito ang kabilang panig na samantalain sila nang kaunti, hindi ito mahalaga sa kanila—sa ganitong paraan, tumatagal ang kanilang relasyon; nagtataglay sila ng pagkatao at nadarama nilang hindi malaking hrap para sa kanila na malugi nang kaunti. Ang iba naman ay walang pagkatao at palagi nilang gustong samantalain ang iba: Ang mga pakikihalubilo nila sa iba ay purong para manamantala at makinabang sa kapinsalaan ng iba. Kung may makukuha silang ilang benepisyo mula sa iyo, pasasayahin ka nila at pananatilihin nila ang relasyon

nila sa iyo, pero kung wala, papaalisin ka nila. Wala silang ipapakitang anumang sinseridad sa iyo; ang mga ganitong tao ay walang pagkatao.

Ano ang tingin ninyo sa uri ng tao na nagbibigay ng mga regalo gaya ng nasa kuwentong ibinahagi ngayon? Bakit nagreregalo ng mga bagay ang mga ganitong tao? Nagkataon lang ba ito? Kung isang beses lang nangyari ito sa loob ng maraming taon, maaaring nagkataon lang ito, pero maaari pa rin ba itong ituring na nagkataon lang kung nangyari ang parehong bagay nang apat na beses sa loob ng isang kapanahunan? (Hindi maaari.) Ang asal niyang ito ay hindi aksidente, ni hindi rin matatawag ang ganyang disposisyon na panandaliang pagbubunyag at pagpapahayag ng katiwalian. Kung gayon ano ang kalikasan ng asal niyang ito? Gaya ng una nating sinabi, ang asal niya ay hindi magalang, iresponsable, walang ingat, padalos-dalos, at pabigla-bigla, at mula sa di-sibilisadong disposisyon. Kaya bakit niya ito ginawa? Bakit wala siyang ibang binigyan ng mga bagay na iyon, maliban sa Akin? Naging kalipikado Akong tumanggap ng mga regalang ito dahil sa naiiba Kong pagkakakilanlan at katayuan. Hindi ba't halata roon ang layunin ng lalaking nagbigay ng mga regalo at ang kalikasan ng ginawa niya? Ano ang kanyang layunin? (Ang magpalapad ng papel.) Tama. Ano ang pinakaakmang salitang naglalarawan sa pagpapalapad niya ng papel? Ito ay isang tusong panlilinlang: pagpapalapad ng papel at oportunismo. Ito ay tusong paraan para magpapalapad ng papel, ineengganyo ka niya sa patibong na hinukay niya nang hindi mo namamalayan, at pinapagaan niya ang loob mo sa kanya, samantalang sa totoo lang ay hindi siya tapat ni katiting—nais niyang maabot ang sarili niyang mga layunin nang hindi nagbabayad ng halaga. Ginawa niya ito nang walang detalyadong konsiderasyon sa mga kahihinatnan at binigyan ka lang niya ng isang bagay na libre niyang nakuha, ipinaparamdam niya sa iyong nagmamalasakit siya, at hinehele ka sa kaligayahan. Ano ba talaga ang ibig sabihin nito? Ibig nitong sabihin na, kahit wala siyang ginastos ni isang kusing, naiparamdam niya sa iyo na lubos kang nakinabang dahil sa kanya, na halatang hangal ang tingin niya sa iyo. Hindi ba't iyan ang ibig sabihin nito? Iniisip niya, “Wala akong ginagastos ni isang kusing, at hindi ako nag-aabala; wala akong sinseridad para sa Iyo. Magbibigay lang ako sa Iyo ng isang bagay na magpapaalala sa Iyo tungkol sa akin, para maisip Mong mabait, mapagmalasakit, at tapat ako, at may pagmamahal ako para sa Iyo sa puso ko.” Isang tusong panlilinlang ang maling pagpapaniwala sa iyo na ganoon siya, at ito rin ay oportunismo. Ang paggamit ng pinakamababang uri ng diumano ay kabaitan para sa pinakamalaking benepisyo at pinakamalaking pakinabang nang walang ibinabayad na halaga o walang anumang sinseridad ay isang tusong panlilinlang. Gagawin ba ito ng sinuman sa inyo? Lahat ng tao ay gumagawa nito—hindi lang ninyo ginawa ang parehong bagay na ginawa niya, pero gagawin ninyo ito kung may pagkakataon kayo. Iyan ang unang bagay na naging konklusyon Ko pagdating sa ganitong mga uri ng tao, na napakagaling nila sa mga tusong panlilinlang. Hindi ang Diyos ang pinapanampalatayaan nila; ang sinusunod nila ay ang taong iniisip nilang mapapakinabangan nila, pagpapalain sila, at karapat-dapat sundan. Ang isang insidenteng ito ay ganap na naglantad sa pananalig ng

ganitong uri ng tao at ang katotohanan kung ano talaga sila. Ang pagkakaunawa ng mga ganitong tao sa pag-ibig, katapatan, at pagpapasakop sa Diyos ay napakasimple, at nais nilang gamitin ang pamamaraan na tusong panlilinlang para makamit ang pagsang-ayon ng Diyos at tumanggap ng mga pagpapala. Sinsero ba sila sa Diyos? Sila ba ay may-takot-sa-Diyos sa anumang paraan? (Wala.) Kung gayon, lalo nang imposible ang iba pang mga bagay. Iyan ang unang bagay na naging konklusyon Ko. Sa pananaw ninyo, tama ba Ako? (Tama Ka.) Binabansagan Ko ba siya nang hindi patas? Pinapalaki Ko lang ba ang bagay na ito? Talagang hindi. Kung pagbabatayan natin ang diwa niya, mas seryoso ito kaysa riyon. Sa pinakamababa, nililinlang at nilalaro niya ang Diyos.

Ang pangalawang bagay na naging kongklusyon Ko ay kung ano ang nakikita sa mga ganitong tao. Ang puso ng tao ay nakakakilabot! Sabihin ninyo sa Akin, ano ang katatakutan ito? Bakit Ko sinasabing nakakakilabot ang puso ng tao? (Ang taong ito ay nagpapalapad ng papel sa Diyos para matugunan ang intensyon at pagnanais niyang makamit ng mga pagpapala, at pagkatapos ay hindi siya responsable at hindi niya isinasaalang-alang kung ano ang mangyayari sa katawan ng Diyos pagkatapos kainin ng Diyos ang mga bagay na ito o kung ano ba ang mga kahihinatnan. Palagi niyang isasaalang-alang ang mga kahihinatnan ng anumang ipinapakain niya sa sarili niyang pamilya, pero kapag nagbibigay siya ng isang bagay sa Diyos, hindi niya man lang iniisip ang mga kahihinatnan. Ganap niyang ginagawa ito para makamit ang mga gusto niyang makamit sa pamamagitan ng pagpapalapad ng papel sa Diyos sa patas man o masamang paraan; makikita na siya ay talagang makasarili at kasuklam-suklam, na wala siyang puwang sa puso niya para sa Diyos, at na hindi niya tinatratong Diyos ang Diyos.) Ang implikasyon, hindi ba't ibig sabihin niyan na hindi niya Ako tinatrato bilang tao? Masasabi bang ganoon iyon? (Oo.) Kakila-kilabot ang mga intensyon! (Oo, hindi niya malilinlang ang Diyos, kahit pa tratuhin niya ang Diyos na parang sarili niyang kamag-anak.) Talagang kakila-kilabot iyan. Kung kaibigan mo ang isang tao, tatratuhin ka ba niya nang ganyan? Hindi niya gagawin iyan. Sasabihin niya sa iyo kung ano ang mabuting kainin, at kung may masasamang epekto ang pagkain ng isang bagay, mahigpit ka niyang pipigilan na kainin ito; iyan ay isang bagay na kahit ang mga kaibigan ay kayang gawin. Pero kaya ba iyan gawin ng taong ito? Hindi. Dahil ginawa niya sa Akin ang ganitong bagay, tiyak na gagawin niya rin ito sa inyo. Ano pang ibang mga katatakutan ang mayroon tungkol sa kanya? (Malalim ang pagkatuso niya. Tinatago niya ito sa panlabas na kabutihan ng puso, pero sa loob, siya ay nagpapakana, sinusubukan niyang mapiga ang pinakamalaking benepisyo na maaaring makuha mula sa pinakamurang bagay, at nakakakilabot ito.) Mabuting makita ito sa ganoong paraan. Ang tinukoy ninyo kanina ay ang makasarili niyang panig, habang ito ay tumutukoy sa kanyang pagpapakana. Kung pagbabatayan lang ang sinabi ninyong lahat, saan nanggagaling ang mga bagay na ito na nasa kaibuturan ng isang tao, ang mga bagay na ito na nabubunyag mula sa pagkatao niya, ang mga bagay na kaya o hindi niya kayang mahipo, at ang mga bagay na kayang makita o hindi kayang makita o mabigyang-kahulugan ng iba?

Naituro ba ng kanyang mga magulang ang mga ito? Naituro ba ang mga ito sa eskuwela? O nilinang ba ng lipunan ang mga ito? Paano nabuo ang mga ito? Isang bagay ang tiyak: Likas ang mga ito. Bakit Ko sinasabi iyan? Saan nauugnay ang mga likas na bagay? Nauugnay ang mga ito sa kalikasang diwa ng isang tao. Kaya, para mag-isip siya nang ganito, pinag-isipan ba ito nang matagal, o biglaan lang ba ito? Siya ba ay napukaw ng isang bagay na nakita niyang ginawa ng ibang tao, o kinailangan ba niyang gawin ito dahil sa ilang pangyayari? O tinagubilinan Ko ba siyang gawin iyon? Wala sa mga ito. Kahit mukhang ordinaryo sa panlabas ang maliliit na bagay na ito, hindi pangkaraniwan ang nakatagong kalikasan ng bawat isa sa mga bagay na ito. Napagtanto ba ng taong gumawa ng mga ito ang mga kahihinatnan ng paggawa ng mga ito? Hindi. Bakit hindi? Sabihin nating bumili ka ng isang murang bagay sa isang nagtitinda sa kalye para ibigay sa amo mo. Bago mo ito ibigay, hindi ba't kailangang suriin mo ang mga bagay-bagay at tanungin mo ang sarili mo, "Matatagpuan ba ng amo ko ang gamit na ito sa nagtitinda sa kalye? Puwede ba siyang mag-online at hanapin kung magkano ito? May tao bang makapagbubunyag sa kanya kung magkano ito? Ano ang iisipin niya tungkol sa akin sa sandaling makita niya ito?" Hindi ba't kailangan mong suriin ang mga bagay na ito? Susuriin mo muna ito at bibilhin mo pagkatapos. Kung, pagkatapos mong suriin ito, nadama mong ang pagreregalo ng bagay na ito ay magdadala ng mga hindi kanais-nais na kahihinatnan, ibibigay mo pa rin ba ito? Tiyak na hindi na. Kung naisip mo na hindi mahal ibigay ang bagay na ito sa amo mo, at mapapasaya nito ang amo mo, tiyak na ibibigay mo ito. Pero hindi sinuri ng lalaki sa kuwento ang alinman sa mga bagay na ito, kung gayon ano ang iniisip niya? Ang tanging iniisip niya ay ito lang ang paraan para makamit ang kanyang mga intensyon. Ngayon sa pagsusuri nito, lumilitaw ang kalikasan ng usaping ito. Ano ang makikita sa kalikasan ng usaping ito? Ang pangalawang resultang nakikita sa mga tao sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa kanila ay na kakila-kilabot ang mga puso nila. May makukuha bang kongklusyon tungkol sa tiwaling disposisyon na ibinubunyag ng mga ganitong tao, intensiyonal man ito o hindi sinasadya? Ano ang mga sanhi ng pagiging kakila-kilabot ng puso ng tao? Ito ba ay dahil masyado itong hindi sensitibo? Ang isang hindi sensitibong tao ay walang abilidad na magkaroon ng kamalayan. Tumpak bang ilarawan siya bilang hindi sensitibo? (Hindi.) Kung gayon, ito ba ay dahil sa kamangmangan? (Hindi.) Kung gayon, sa anong sanhi ito maiuugnay sa huli? Dapat itong iugnay sa mga buktot na disposisyon ng mga tao. Kailangan Kong sabihin sa inyo kung saan naroroon ang nakakatakot tungkol sa mga tao: Ito ay nasa katunayang nananahan ang mga demonyo sa puso ng mga tao. Ano ang nadarama ninyong lahat tungkol diyan? Bakit Ko sinasabing nananahan ang mga demonyo sa puso ng mga tao? Ano ang inyong pagkaunawa? Hindi ba ninyo iniisip na kakila-kilabot ang pahayag na ito? Hindi ba kayo natatakot kapag naririnig ninyo ito? Hindi ninyo naisip noon na nananahan ang mga demonyo sa mga puso ninyo; naisip lang ninyo na mayroon kayong tiwaling disposisyon pero hindi ninyo alam na nananahan ang mga demonyo sa inyo. Ngayon alam na ninyo. Hindi ba't seryosong problema ito?

Iniisip ba ninyong tama ang sinabi Ko? (Oo.) Hindi ba't natutunton nito ang ugat ng problema? (Ganyan nga.) Pag-isipan ninyo nang maigi kung bakit Ko sinabi na nananahan ang mga demonyo sa puso ng mga tao. Pag-isipan ninyo ito: Lilinlangin ba ng isang taong may konsensiya at katwiran ang Diyos sa ganitong paraan? Pagpapasakop ba ito sa Diyos? Ito ay paglaban sa Diyos nang mulat ang mga mata at hinding-hindi pagtrato sa Kanya bilang Diyos. Ngayong pumarito na ang Diyos sa lupa para iligtas ang sangkatauhan, ano ang ugnayan ng Diyos at tao? Ito ba ay bilang isang nakatataas at isang nakabababa? Pagkakaibigan? Pagiging magkamag-anak? Anong uri ng ugnayan talaga ito? Paano mo tatratuhin at haharapin ang ugnayang ito? Anong uri ng pag-iisip ang dapat taglay mo kapag nakikitungo at nakikisama ka sa Diyos? Ano ang dapat mong panatilihin sa puso mo para makasundo ang Diyos? (Takot.) Ang takot ay parang hindi makatotohanan para sa lahat ng tao. (Pangamba.) Hindi makakamit ang pangamba. Kung tatratuhin mo Ako bilang ordinaryong tao—bilang kakilala lang, hindi nauunawaan ang isa't isa nang mabuti at hindi pa sapat para maging magkaibigan—kung gayon paano magiging may pagkakasundo at pagkakaibigan ang ugnayan natin? Dapat alam ng taong nakadarama ng konsensiya kung paano gawin nang naaangkop ang mga bagay na ito. (Dapat may respeto.) Ito ang pinakamababang hinihinging dapat mayroon ka. Ipagpalagay na may dalawang taong nagkita: Hindi pa sila pamilyar sa isa't isa at hindi nila alam ang pangalan ng isa't isa. Kung nakita ng isa sa kanila na taong totoo iyong isa pa at nais niya itong paglaruan, hindi ba't ito ay pang-aapi? Kung wala ni katiting na respeto, may anumang pagkatao bang natitira? Para magkasundo ang mga tao, anuman ang mga pagtatalo o alitang maaaring lumitaw, dapat kahit papaano ay respetuhin nila ang isa't isa. Ang respeto ang pundamental na sentido komun ng sariling pag-asal, at may respeto man lang sa pagitan ng lahat ng tao. Kung gayon, umiiral ba ang respetong ito kapag nakikipag-ugnayan sa Diyos ang mga tao? Kung hindi ka man lang makaabot sa puntong ito, sa isip mo, ano ba talaga ang ugnayan sa pagitan mo at ng Diyos? Walang anumang ugnayan, kung gayon—kahit na bilang tagalabas. Samakatwid, kinaya ng taong nagbigay ng mga regalo na tratuhin ang Diyos nang ganito: Hindi lamang niya hindi nirespeto ang Diyos, ginusto pa niyang linlangin ang Diyos. Sa puso niya, hindi niya naramdamang dapat respetuhin ang Diyos o dapat bigyan ng maingat at metikulosong konsiderasyon ang kalusugan ng Diyos at ang mga kahihinatnan ng pagkain ng Diyos sa mga regalang ito—hindi kasama ang mga ito sa mga konsiderasyon niya. Sapat na para sa kanya na gumamit na lang ng mga panlilinlang para lokohin ang Diyos na paboran siya; ang pinakamainam na bagay para sa kanya ay ang magawang linlangin ang Diyos. Iyan ang puso niya. Hindi ba't kahindik-hindik na magtaglay ng ganyang puso ang tao? Kakila-kilabot ito!

Ang ilang tao ay nananampalataya sa Diyos, at sa panlabas, mukhang sumusunod sila sa Kanya. Pero sa kaibuturan ng mga puso nila, kailanman ba ay napagnilayan na nila ang landas na tinahak nila at ang halagang ibinayad nila? Nasuri na ba nila at pinagsikapang makita kung nagampanan ba nila ang mga tungkuling ipinagkatiwala sa

kanila ng Diyos? Ano ba mismo ang saloobin ng mga tao sa kanilang pakikitungo sa Diyos? Kung huhusgahan mula sa iba't ibang bagay na ipinakita at ibinunyag ng mga tao at kahit ang pinakatatago nilang pagpapakana, pati na rin ang lahat ng disposisyong nabunyag sa mga bagay na ito na ginagawa nila sa pagtrato nila sa Diyos, ano ba ang nagawa ng mga tao para sa Diyos? Maliban sa pagbabayad ng halaga at lubusang pagsasaalang-alang ng mga bagay na may benepisyong sa mga sarili nila, ano ang mga saloobin ng mga tao sa Diyos, at ano ang inihahandog nila sa Kanya? Walang iba kundi saloobing nagpapakana, nagkakalkula, nagbabantay, at nanghahamak. Ang panghahamak ay isang saloobin at ano ang pag-uugaling umuusbong sa saloobing ito, kung ipapahayag bilang pandiwa? “Ang mangutya.” Narinig na ba ninyo ang salitang ito? (Narinig na namin.) Ang “mangutya” ay medyo pormal na termino. Ano ang sinasabi natin sa kolokyal na pananalita? Sinasabi nating “tuksuhin,” “lokohin ang isang tao,” “paglaruan ang isang tao.” Mukha kang karaniwan sa kanila, mukha kang taong totoo; sa mga mata nila ay wala kang halaga at nangangahas silang lantaran kang kutyain—anong uri ng disposisyon ito? Para sa isang taong may disposisyong gaya nito, anghel ba ang nananahan sa puso niya, o demonyo? (Isang demonyo.) Demonyo ito. Kung kaya niyang tratuhin ang Diyos nang ganito, ano ba talaga siya kung gayon? Kaya ba niyang isagawa ang mga salita ng Diyos? Kaya ba niyang magpasakop sa mga salita ng Diyos? Ang isang taong gaya ng lalaking nagpadala sa Akin ng mga regalo, halimbawa—hindi niya hinahanap ang katotohanan, ni nauunawaan ang mga layunin ng Diyos. Wala siya ni katiting na ideya kung ano ang hinihingi ng Diyos sa tao, kung ano ang gustong makita ng Diyos, o kung ano ang gustong makamit ng Diyos mula sa tao. Siya ay tulad lang ng isang taong nakikihalubilo sa amo niya, pinagtutuunan kung paano ito bobolahin at lilinlangin, tinatrato ito sa anumang paraan na magbibigay-daan para makamit niya ang mga minimithi niya—ayon saan ba talaga namumuhay ang ganitong tao? Namumuhay siya sa pambobola, iniraraos ang kasuklam-suklam na buhay sa pamamagitan ng pambobola sa mga lider niya. Bakit siya naghandog sa Akin ng ganitong “pagmamalasakit” at “kabaitan”? Hindi niya mapigilan ang sarili niya, hindi ba? Nahulaan kaya niya kung ano ang mararamdaman Ko tungkol dito? (Hindi.) Tama iyan; hindi niya naunawaan. Talagang wala siyang normal na isip ng tao. Hindi niya alam at wala siyang pakialam kung paano Ko titingnan, tutukuyin, o sisiyasatin ang kanyang pag-uugali at disposisyon. Sa anong bagay siya may pakialam? May pakialam siya sa kung paano niya Ako bobolahin para makamit ang mga mithiin niya at pagkatapos ay mabigyan Ako ng mabuting impresyon tungkol sa kanya. Iyan ang intensyon niya tuwing may ginagawa siyang mga bagay-bagay. Anong uri ng pagkatao ito? Ito ba ang gagawin ng isang taong may tunay na konsensiya at katwiran? Maraming taon ka nang nabubuhay, kaya dapat mong maunawaan: Una, hindi Ko kailangan ang pambobola mo. Pangalawa, hindi Ko kailangan na handugan mo Ako ng anumang bagay. Pangatlo, at ang pinakamahalaga, dapat mong maunawaan na anuman ang ginagawa mo, anuman ang mga intensyon at mithiin mo, at anuman ang kalikasan ng ginagawa mo, tinutukoy

ko ang mga ito at may nagiging kongklusyon Ako sa lahat ng ito. Hindi ito paggawa mo ng isang bagay at pagkatapos noon ay tapos na; sa kabaligtaran, kailangang malinaw Kong makita kung ano ang mga intensyon at motibo mo. Tinitingnan Ko lang ang disposisyon mo. Malamang sasabihin ng ilang tao, “Napakalupit Mo sa mga tao!” Ganoon ba Ako? Hindi talaga ganyan ang iniisip Ko. Dahil talagang hindi Ako malupit kung kaya’t sinusubukan ng ilang tao na samantalahin ang sitwasyon. Hindi ba’t ganoon? Sa sandaling makasalamuha Ako ng ilang tao, pinag-iisipan nilang mabuti, “Nakikita kita bilang regular na tao lang. Hindi ka kailangang masyadong pansinin. Ikaw ay halos katulad ko lang: Kumakain ka rin nang tatlong beses sa isang araw, at hindi ko nakikitang may anumang awtoridad o kapangyarihan ka. Wala kang masasabi paano man kita tratuhin. Ano ba ang magagawa mo sa akin?” Anong paraan ng pag-iisip ito? Saan ito nanggagaling? Galing ito sa disposisyon ng isang tao. Bakit may ganitong disposisyon ang mga tao? Ito ay dahil may mga demonyong nananahan sa mga puso nila. Dahil may mga demonyong nananahan sa mga puso nila, gaano man kadakila ang tingin nila sa Diyos, gaano man kamarangal ang tingin nila sa katayuan ng Diyos, gaano man sila nananampalataya na nagpapahayag ng katotohanan ang Diyos para iligtas ang mga tao, gaano man nila ipinapahayag sa mga salita nila ang kanilang pagpapasalamat, at gaano man nila ipinapakita ang kahandaan nilang magdusa at magbayad ng halaga, pagdating ng panahon para gampanan ang tungkulin nila, ang mga demonyo ang maghahari sa mga puso nila, at ang mga demonyo ang magtatrabaho. Anong uri ng tao, sa pananaw ninyo, ang mangangahas na linlangin at kutyain kahit ang Diyos? (Isang demonyo.) Ito ay isang demonyo; ito ay tiyak.

Sa ating naunang pagbabahaginan, mula sa aling diyalogo sa pagitan ni Satanas at ng Diyos natin makikita ang disposisyon ni Satanas? Sinabi ng Diyos, “Satanas, saan ka nanggaling?” Ano ang isinagot ni Satanas? (“Sa pagpaparoo’t parito sa lupa, at sa pagmamanhik-manaog doon” (Job 1:7).) Anong uri ng pananalita iyan? (Pananalita ng demonyo.) Ito ay pananalita ng demonyo! Kung tinrato ni Satanas ang Diyos bilang Diyos, sasabihin nito, “Tinanong ako ng Diyos, kaya sasabihin ko kung saan ako nanggaling sa isang maayos na paraan.” Hindi ba’t pananalita iyan ng normal na tao? (Oo.) Ito ay isang pangungusap na naaayon sa normal na pag-iisip ng tao: isang kompletong pangungusap, tama ang gramatika at madaling maunawaan. Iyan ba ang sinabi ni Satanas? (Hindi.) Ano ang sinabi nito? “Sa pagpaparoo’t parito sa lupa, at sa pagmamanhik-manaog doon.” Nauunawaan ba ninyo ang pangungusap na ito? (Hindi.) Hanggang ngayon, walang nakakaunawa kung ano ang ibig sabihin nito. Kung gayon saan nanggaling si Satanas? Saan siya namanhik-manaog? Saan siya nanggaling, at sa aling daan siya papunta? Mayroon bang anumang tiyak na sagot sa mga katanungang ito? Hanggang sa araw na ito, hindi pa rin nauunawaan ng mga nagpapakahulugan sa Bibliya kung saan talaga nanggaling si Satanas, o kung gaano katagal bago ito dumating sa harap ng Diyos at nakipag-usap sa Kanya; wala sa mga bagay na ito ang nalalaman. Kung gayon paano nasagot ni Satanas ang pagtatanong dito ng Diyos nang may ganitong

tono at ganitong pananalita? Tinanong ba ito ng Diyos nang seryoso? (Oo.) Kung gayon sumagot ba ito sa parehong paraan? (Hindi.) Ano ang saloobing mayroon ito nang sumagot sa Diyos? Isang may pangungutya. Ito ay tulad ng pagtatanong mo sa isang tao, “Saan ka nanggaling?” at sumagot siya, “Hulaan mo.” “Hindi ko kayang hulaan.” Alam niyang hindi mo mahuhulaan, pero pinapahula niya pa rin sa iyo. Pinaglalaruan ka lang niya. Ganito ang saloobing tinutukoy na panloloko sa isang tao o pangungutya sa kanya. Hindi siya sinsero, at hindi niya gustong malaman mo; gusto lang niyang lokohin ka at paglaruan ka. Ganyan na ganyan ang disposisyon ni Satanas. Sinabi Kong may ilang taong may mga demonyong nananahan sa mga puso nila; hindi ba’t ito ang paraan nila ng pagtrato sa Diyos? Kung titingnan ang panlabas nilang anyo ng pagpunta kung saan-saan, paggawa ng mga bagay, at paminsan-minsang pagtitiis ng ilang paghihirap at pagbabayad ng maliit na halaga, hindi sila magmumukhang gaya ng mga taong ito; mukhang nasa puso nila ang Diyos. Pero mula sa mga saloobin nila sa paraan nila ng pagtrato sa Diyos at sa katotohanan, nakikita mo na ang nananahan sa mga puso nila ay isang demonyo, at iyon lang ang naroon. Ni hindi nila kayang direktang sagutin ang mga tanong ng Diyos—sila ang uri ng mga tao na paikot-ikot lang gaya ng mga ahas, hanggang sa hindi mo na makita ang sagot at hindi mo na maintindihan kung ano ba ang sinasabi nila. Anong uri ba sila ng mga tao? Maaari ba silang maging sinsero sa kanilang pakikitungo sa Diyos? Dahil may saloobin sila ng panghahamak at pangmamata sa pagtrato nila sa Diyos, maisasagawa ba ng mga ganitong tao ang mga salita ng Diyos bilang katotohanan? (Hindi.) Bakit hindi? Dahil nananahan ang mga demonyo sa mga puso nila. Hindi ba’t ganyan iyan? (Oo, hindi talaga nila tinatrato ang Diyos bilang Diyos.) Iyan ang kabuktutan ng mga ganitong tao. Ang kanilang kabuktutan ay nasa pag-iisip na ang integridad, pagpapakumbaba, normalidad, at praktikalidad ng Diyos na nakikita nila ay hindi ang dahilan kung bakit kaibig-ibig ang Diyos—pero ano ang mga ito kung gayon? Iniisip nila na ang mga ito ay mga pagkukulang ng Diyos; na ang mga ito ay mga bahaging madalas na pinanggagalingan ng mga kuru-kuro; na ang mga ito ang pinakamatitinding kapintasan ng Diyos na sinasampalatayaan nila; na ang mga ito ay mga kakulangan, mga problema, at mga kamalian. Paano dapat tingnan ang mga ganitong tao? Ito ang paraan at ang saloobing ginagamit nila para tratuhin ang Diyos; ito ay walang-puri para sa Diyos, pero paano naman sa mga sarili nila? May nakukuha ba silang anumang benepisyo mula rito? Ito ay insulto rin sa mga sarili nila. Bakit Ko sinasabi iyan? Bilang ordinaryong tao, kung may taong kaswal na nagbigay sa iyo ng isang bagay para kainin, at kinuha mo ito at kinain na parang isa kang hangal, nang walang pakialam sa mga katunayan ng usaping ito at nang hindi man lang nagtatanong kung tungkol saan ito, hindi ba’t iminumungkahi niyan na may kulang sa iyong pagkatao? Ang tao bang may kulang sa kanyang pagkatao ay normal na tao? Hindi. Kung ang nagkatawang-taong Cristo ay hindi man lang nagtaglay ng normal na pagkataong tulad nito, Siya ba ay karapat-dapat pa rin sa pananalig ng sinuman? Hindi na. Ano ang mga tanda ng pagkatao ng nagkatawang-taong Diyos? Ang pagkamakatwiran, pag-iisip, at konsensiya

Niya ang pinakanormal. Nagtataglay ba Siya ng kakayahang humatol? (Oo.) Kung wala Ako niyan, kung magulo lang ang pag-iisip Ko na walang sentido komun o kabatiran, hindi kayang mag-isip kapag may mga nangyayari sa Akin, maituturing pa rin ba Akong normal na tao? Iyan ay magiging depektibong pagkatao, hindi normal na pagkatao. Matatawag ba ang ganitong tao na Cristo? Noong nagkatawang-tao ang Diyos, pipiliin ba Niya ang ganoong laman? (Hindi.) Tiyak na hindi. Kung walang-ingat Kong ginawa iyon, karapat-dapat bang sundin ang ganoong Diyos, ang Siya na kilala bilang ang nagkatawang-taong Diyos? Hindi, at mapupunta kayo sa maling landas. Ito ay isang aspekto, mula sa perspektiba Ko. Sa kabilang banda, mula sa perspektiba ninyo, kung ituturing mo Siya bilang Diyos, bilang ang sinusundan mo, at bilang tagasunod Niya ay tatratuhin mo Siya sa ganitong paraan—kung gayon saan mo inilulugar ang sarili mo? Hindi ba't kahiya-hiya iyan sa iyo? (Ganyan nga.) Kung sa tingin mo, ang Diyos na sinasampalatayaan mo ay talagang hindi karapat-dapat na irespeto mo, pero nananampalataya ka pa rin sa Kanya, ano ang sinasabi nito tungkol sa iyo? Magulo ba ang isip mo? Lito ka bang tagasunod? Hindi ba't ipapahiya mo ang sarili mo? (Oo.) Pero kung iniisip mo na nagtataglay Siya ng lahat ng aspektong ito ng normal na pagkatao, na Siya ang Diyos na nagkatawang-tao, pero ganoon pa rin ang ginagawa mo, hindi ba't sinisira mo ang puri ng Diyos? Parehong may basehan ang dalawang perspektibang iyon. Makikita mo ang problema tumingin ka man mula sa perspektiba ng Diyos o ng sa tao—at ang problema rito ay seryoso! Hindi ba? (Oo.) Mula sa perspektiba ng tao, kung itinuturing mo Siya bilang Diyos at tinatrato mo Siya nang ganito, lantaran mong sinisira ang puri ng Diyos. Kung iniisip mo na Siya ay hindi Diyos bagkus isang tao, pero sinusunod mo pa rin Siya, hindi ba't pagsasalungatan iyan? Hindi ba't ipinapahiya mo ang sarili mo? Pagnilayan mo ang dalawang aspektong ito; tama ba Ako? Hindi ba't ganoon nga? Bakit hindi maisip ng mga tao ang mga bagay na ito? Bakit ganito pa rin sila kumilos? Ito ba ay dahil lang hindi nila nauunawaan ang katotohanan? Huwag na natin itong masyadong tingnan nang malalim; sa pagtingin lang dito mula sa perspektiba ng kakayahan, sila ay mga hangal na walang-isip. Bakit Ko sinasabing wala silang isip? Anong isip ang tinutukoy Ko? Ito ay tungkol sa pag-iisip. Ang paggawa ng isang bagay nang hindi nag-iisip, nang hindi alam kung paano timbangin ang mga positibo at negatibo, nang hindi alam kung paano isaalang-alang ang kalikasan ng ginagawa mo o kung dapat mo bang gawin ito o hindi, ay pagiging walang-isip. Anong uri ng bagay ang walang isip? Walang isip ang mga hayop at halimaw, pero isasaalang-alang ng mga tao ang mga bagay na ito. Maaaring gumawa ng mga hangal na bagay ang mga tao sa sandaling may bugso ng damdamin, pero kung paulit-ulit nilang ginagawa ang parehong mga hangal na bagay, maaari silang ituring na walang isip. Ang isang taong walang isip ay taong may napinsalang katwiran o, sa kolokyal, isang taong maluwag ang turnilyo. Pero halata ang kanyang pagiging makasarili, at ang mga tuso niyang panlilinlang ay hindi talaga nagkukulang, kaya sinasabi Ko na nananahan ang mga demonyo sa mga puso ng mga tao.

Iniisip ba ninyong lahat na pagpapalaki lang ng isyu ang pagbabahaginan tungkol sa pagbibigay ng regalo? Kung hindi Ako nakipagbahaginan tungkol dito at kaswal Ko lang na binanggit ito, magkakaroon ba ito ng ganitong epekto sa inyo, matapos ninyo itong mapakinggan? (Hindi.) Sa pinakamataas na, pagkatapos ninyong makinig, pagninilayan ninyo, “Paano nagawa ng lalaking ito ang ganoong bagay? Hindi ako gumagawa ng mga bagay na tulad niyan; talagang iba’t iba ang uri ng mga tao!” Sa pinakamataas na, iyon ang maaaring maisip ninyo. Maaaring pag-usapan ninyo ito nang kaunti, at iyon na iyon—pero magkakaroon ba kayo ng ganito kalalim na pagkaunawa tungkol dito? (Hindi.) Hindi kayo magkakaroon ng ganito kalalim na pagkaunawa rito. Kung gayon, ano ang mga benepisyong dala ng Aking mga salita sa inyo? Anong katotohanan ang nakamit ninyo? Una sa lahat, kailangan Ko kayong paalalahanan: Sa pagitan ng tao at ng Diyos, ano ang pinakamabuting uri ng ugnayang dapat itatag? Kapag may taong lumalapit sa Diyos, paano niya dapat makasundo ang Diyos kapag malapit niya Siyang nakakaugnayan? Hindi ba’t kinakailangang hanapin ang mga prinsipyo para dito? (Oo.) Higit pa rito, sa maraming taong pananampalataya sa Diyos, ano ang mga insidenteng nangyari sa mga pang-araw-araw na buhay ng mga tao na kapareho ng kalikasan ng ginawa ng lalaki sa kuwento? Hindi ba’t karapat-dapat pagnilayan ang mga tanong na ito? Maaari bang matuto ang isang tao ng aral at sabihing, “Hindi pinapahintulutan ng Diyos kahit ang maliliit na pagkakamali, kaya lubhang seryoso ito. Mas mabuti pang hindi tayo lumapit sa Kanya, malapit na makipag-ugnayan sa Kanya, o humarap sa Kanya—hindi Siya dapat balewalain! Kapag nagkamali ka, lubos Niyang palalakihin ang isyu at mapupunta ka sa seryosong panganib. Tiyak na hindi ko Siya bibigyan ng anumang bagay!”? Katanggap-tanggap bang mag-isip nang ganito? (Hindi.) Sa totoo lang, hindi ninyo kailangang mag-alala: Hindi tayo nagkakaroon ng maraming oportunidad para magkalapit, at lalo nang mas kaunti ang sandali natin para makisalamuha sa isa’t isa, kaya hindi ito usaping kailangan ninyong alalahanin. Kung makikisalamuha Ako sa inyo balang araw, huwag kayong mag-alala; may lihim Akong sasabihin sa iyo. Makasundo mo man Ako o pribado kang manalangin at maghanap, ano ang numero unong lihim? Anuman ang gawin mo, huwag kang makipagpaligsahan ng talino sa Akin; kung mahilig kang makipaglaban, lumayo ka sa Akin. May ilang taong nagsasalita nang matindi ang katusuhan, gumagawa ng ilang pakana sa isang kurap ng mata, at bawat pangungusap na binabanggit nila ay may karumihan; kung magsasalita pa sila, hindi mo malalaman kung aling mga salita ang totoo at alin ang hindi. Ang mga ganitong tao ay dapat hindi kailanman lumapit sa Akin. Kapag nakipag-ugnayan ka sa Diyos at nakisalamuha ka sa Kanya, ano ang numero unong importanteng bagay na dapat mong gawin at ang numero unong importanteng prinsipyong dapat mong sundin? Magtaglay ka ng tapat na puso sa pagtrato mo sa Diyos. Matuto ka ring magpitagan. Ang pagpipitagan ay hindi pagiging magalang; hindi ito paglalangis o pagpapalapad ng papel, hindi rin ito pambobola o pagiging sipsip. Kung gayon, ano ba talaga ito? (Ito ay pagtrato sa Diyos bilang Diyos.) Ang pagtrato sa Diyos bilang Diyos ay isang pangunahing prinsipyo. Paano

naman ang mga detalye? (Matuto kang makinig sa Diyos.) Iyon ay isang aspekto ng pagsasagawa. May ilang taong nakikipag-ugnayan sa Akin, at nagsisimula silang magsalita habang nagsasalita pa Ako, kaya hinahayaan Ko silang matapos bago Ako magpatuloy. At paano nila Ako tinatrato kapag nagsasalita Ako? Nakikinig sila nang nakapikit ang mga mata. Ano ang ipinapahiwatig nito? Tila sinasabi nito, “Walang saysay ang sinasabi mo. Ano ba ang alam mo?” Iyan ang saloobin nila. Maaaring hindi Ko alam ang lahat, pero may mga prinsipyo Ako, at sinasabi Ko sa iyo ang natutunan, nakita, at naunawaan Ko, pati na rin ang mga prinsipyong alam Ko, at marami-rami kang makakamit mula rito. Pero kung palagi kang susulyap-sulyap sa Akin, mag-iisip na wala Akong anumang alam, at hindi ka maingat na makikinig sa Akin, wala kang anumang makakamit—kakailanganin mo na lang alamin ang mga bagay-bagay para sa sarili mo. Hindi ba’t ganyan? Kaya, dapat kayong matutong makinig sa mga salita ng Diyos. Kapag nakikinig kayo, nililimitahan Ko ba kayo sa paghahayag ng mga pananaw ninyo? Hindi. Sa sandaling matapos Akong magsalita, tinatanong Ko kayong lahat kung mayroon kayong anumang katanungan, at kung may tanong ang sinuman, agad Kong sasagutin ito at sasabihin Ko sa inyo ang mga prinsipyong may kinalaman sa mga tanong na iyon. Paminsan-minsan, hindi Ko lang sinasabi sa inyo ang mga prinsipyo, kundi direkta Ko pang sinasabi sa inyo ang dapat ninyong gawin, dinedetalye ang bawat aspekto. Kahit na may ilang larangang hindi Ko nauunawaan, may mga sarili Akong prinsipyo, at may mga sarili Akong pananaw at pamamaraan ng pagharap sa mga ganitong usapin, kaya tinuturuan Ko kayo base sa kung ano ang sa tingin Ko ay mga tamang pananaw at prinsipyo. Bakit kaya Ko kayong turuan? Ito ay dahil hindi ninyo man lang nauunawaan ang mga bagay na ito. Sa sandaling masagot ang mga katanungang ito, tatanungin Ko uli kung mayroon pang ibang mga tanong; kung mayroon pa, sasagutin Kong muli ang mga ito nang walang pag-antala. Hindi Ko lang gustong makinig ka sa Akin; binibigyan Kita ng pagkakataong magsalita, pero dapat makatwiran ang sinasabi mo—walang kalokohan, at walang pagsasayang ng panahon. Paminsan-minsan, pinuputol Ko ang sinasabi ng ilang tao dahil sa kawalan Ko ng pasensya. Sa anong mga pagkakataon? Ito ay kapag pasikot-sikot silang magsalita, gumagamit ng sampung pangungusap para sa maaaring sabihin sa lima. Sa katunayan, nauunawaan Ko sa sandaling marinig Ko sila; alam Ko na ang susunod, kaya wala na silang dapat pang sabihin. Magsalita ka nang maikli at deretsahan; huwag mong sayangin ang oras ng ibang tao. Sa sandaling tapos ka nang magsalita, bibigyan Kita ng sagot, at sasabihin Ko sa iyo kung ano ang dapat mong gawin at ang mga prinsipyo na dapat mong sundin sa paggawa nito. Diyan na dapat matapos ang usapin, hindi ba? Pero hindi ito maunawaan ng ilang tao, at sinasabi nila, “Hindi, dapat respetuhin Mo ako; dapat nirerespeto natin ang isa’t isa. Natapos Ka nang magsalita, pero hindi pa ako tapos magpahayag ng perspektiba ko. Ang perspektiba ko ay ito—kailangan ko uling magsimula sa umpisa.” Palagi nilang gustong magpahayag ng mga pananaw nila, sa paniniwala na hindi Ko batid ang mga ito, samantalang sa katunayan, sa sandaling magsimula silang magsalita, alam Ko na kung ano ang mga

pananaw nila—kaya kailangan pa ba nilang magpatuloy? Hindi na kailangan. May mga taong napakababa ng talino kaya gumagamit sila ng sampung pangungusap para sa isang usapin na maaari namang sabihin sa dalawa lang, at kung hindi Ko sila pahihintuin, patuloy lang silang magsasalita. Naunawaan na ng lahat; hindi Ko pa rin ba nauunawaan? Gayumpaman, gusto pa rin nilang ipahayag ang mga sarili nila, kaya hindi lang ang talino nila ang mababa—mahina rin ang pangangatwiran nila! May mga nakasalamuha na ba kayong ganitong tao? (Oo.) Iniisip nilang matalino sila kahit na mahina ang pangangatwiran nila at mababa ang katalinuhan nila. Hindi ba't nakapandidiri iyon? Nakakasuka at nakapandidiri iyon. Kapag nakipag-ugnayan ang mga tao sa Diyos, ang pangunahing bagay ay ang tratuhin Siya nang may tapat na puso; ang pangalawa ay dapat matuto ang mga tao ng pagrespeto; at ang pangatlo at pinakamahalagang bagay ay ang matutong hanapin ang katotohanan. Hindi ba't iyan ang pinakamahalaga? (Iyan nga.) Para saan pa ang pananampalataya sa Diyos kung hindi mo hinahanap ang katotohanan? Ano ang halaga ng pananampalataya sa Kanya? Nasaan ang saysay nito? Dito sa puntong ito maaaring magkulang ang karamihan ng tao, kaya bakit ito kailangang pag-usapan? Ito ay paghahanda para sa hinaharap; kailangan ninyong matutunang magsagawa sa ganitong paraan kapag nangyari sa inyo ang mga ganitong bagay sa hinaharap.

Sa iglesia, marami Akong nakaugnayang tao, at ang ilan sa kanila ay inatasan Kong gumawa ng ilang bagay. Pagkatapos ng ilang araw, binigyan nila Ako ng tugon, ipinakita nila sa Akin na isinulat nila ang lahat ng inatas Ko, at na ngayon ay isinasakatuparan na nila ang bawat isa sa mga ito. Nang nakita nila Ako, nag-ulat sila sa Akin tungkol sa progreso ng implementasyon, kung anong mga isyu ang nangangailangan ng paghahanap, at kung alin ang naghihintay pa ng mga resulta, binigyan nila Ako ng kompletong ulat. Napakalinaw ng pagpapaliwanag nila sa mga detalye, at kahit na minsan ay medyo nakatuon sila sa maliliit na detalye, makikita sa mga saloobin nila na seryoso at responsable sila sa kanilang pagtrato sa mga salita ng Diyos, at na alam nila kung ano ang kanilang mga responsabilidad, tungkulin, at obligasyon. Naiiba naman ang ilang tao: inatasan Ko sila ng dalawang gawain, at isinulat nila ang mga ito sa mga kuwaderno nila, pero pagkatapos ng isang linggo, nang hindi pa rin nila naisasagawa ang anumang bagay, naalala lang nila nang tanungin Ko sila tungkol dito—at pagkatapos ay isinulat na naman nila ang lahat sa mga kuwaderno nila. Pagkatapos ng isa pang linggo, noong tanungin Ko sila kung bakit hindi pa rin natatapos ang usaping iyon, nagdahilan sila, sinabi ang ganito at ganyang hirap, bago masigasig na isinulat na naman ang lahat sa mga kuwaderno nila. Saan nila isinulat ang lahat? (Sa mga kuwaderno nila.) Pero wala silang isinaisip. Hindi ba't ito ay pagkakatiwala ng isang bagay sa maling tao? Hindi tao ang mga taong ito. Ang anumang ipinagkatiwala Ko sa kanila ay pumapasok sa isang tainga at lumalabas sa kabila—hindi talaga nila sineseryoso ito. Lahat ng gawaing may kinalaman sa isang partikular na propesyon o sa mga pangkalahatang usapin—pati ang ilang usaping may kaugnayan sa gawain ng iglesia—na inaatas Ko sa mga tao ay nasa

saklaw ng kaya nilang makamit; wala sa mga ito ang naglalayong gawing mahirap para sa kanila ang mga bagay-bagay. Gayumpaman, madalas kapag ipinagkakatiwala Ko sa mga lider at manggagawa na gawin ang mga bagay-bagay, ang karamihan sa kanila ay hindi nag-uulat sa Akin pagkatapos nilang tanggapin ang atas, at wala Akong naririnig sa kanila tungkol sa estado ng gawain. Kung ito ba ay isinaayos, kung paano ito ginawa, kung ano ang mga maling nangyari, kung ano ang mga kasalukuyang resulta—hindi sila kailanman nag-uulat tungkol sa alinman sa mga ito o nakikibahagi sa paghahanap. Isinasantabi lang nila ang mga inatas sa kanila, at wala man lang Akong naririnig tungkol sa anumang kinahinatnan. May mga taong may mas seryoso pang problema, na bukod sa bigo silang isagawa ang mga iniatas Ko sa kanila, nagawa pa nila Akong bolahin at linlangin, sabihin sa Akin kung saan sila pumunta at kung ano ang ginawa nila kahapon, kung ano ang ginawa nila noong makalawa, at kung ano ang ginagawa nila ngayon. Tingnan ninyo kung gaano sila kagaling sa pagkukunwari at paggamit ng mga nakalililang na argumento—wala silang ginawa sa mga bagay na partikular Kong iniatas sa kanila, sa halip pinagkaabalahan nila ang mga walang saysay na gawain habang lubos na magulo ang kritikal na gawain. Anong uri ng pag-uugali ito? Ganap nilang pinabayaan ang mga tamang gawain, at puno sila ng kasinungalingan at panlilinlang!

May isang lalaking nangangasiwa sa pagtatanim. Tinanong Ko siya, “May ilang gulay na mukhang maganda ngayong taon. Nagtabi ka ba ng mga buto?” “Oo, nagtabi ako,” ang sagot niya. Sabi ko, “Narinig Ko na matagal na nilang inani ang lahat ng gulay at hindi sila nagtabi ng anumang buto.” Sabi niya, “Hindi pa sila tapos sa pag-aani. May mga natira pa!” Pagkatapos, tinanong Ko, “Nasaan ang mga natirang gulay? Patingin.” Sinabi niya, “O? Sige ... titingnan ko muna.” Talaga bang nagtabi siya ng anumang buto, o hindi? Hindi. Sa ilang salitang ito na sinabi niya, kasinungalingan ba ang una niyang pahayag na “Nagtabi ako”? (Oo.) At ang pangalawa niyang pahayag, “Hindi pa sila tapos sa pag-aani. May natira pa ring kaunti!”—hindi ba’t isa iyong kasinungalingan? Hindi niya alam kung nagtabi ba sila ng anumang buto, at sinabi niya, “Titingnan ko muna.” Kaya ang pangatlong pahayag ay isa pang kasinungalingan. Mas naging seryoso ang mga kasinungalingan sa bawat pahayag; pinagpapatong-patong niya ang mga kasinungalingan, mas lumalalim ang mga ito—isang bibig na puno ng kasinungalingan! Gugustuhin ba ninyong lahat na makipag-usap sa isang taong may bibig na puno ng kasinungalingan? (Hindi.) Ano ang mararamdaman mo kapag nakikipag-usap ka at nagtatrabaho kasama ang mga taong puno ng kasinungalingan? Nagagalit ka ba? May lakas siya ng loob na manloko ng kahit sino; nagkamali siya kung inisip niya na hindi Ko alam! Karapat-dapat bang manlinlang sa usaping ito? Ano ba ang makakamit niya sa pagiging napakamapanlinlang? Kung nakita mo ang ganitong saloobin sa pagkilos niya, kung tinrato ka niya sa ganitong paraan, ano ang madarama mo? Kung 99 na porsiyento ng mga sinasabi ng isang tao ay kasinungalingan, nakikipagtsismisan man siya o nakikipag-usap tungkol sa trabaho o sa mga seryosong usapin, o nakikipagbahaginan tungkol sa katotohanan, wala nang pag-asa ang taong ito. Kaya niyang linlangin ang

sinuman; anong bagay siya kung gayon? Gaano katagal na siyang nananampalataya sa Diyos? Palaging sinasabi ng ilang walang pananampalataya na, “Sa abot ng nalalaman ko,” o “Nagsasalita ako mula sa puso,” at sa pamamagitan ng panimulang iyan, nagsasabi sila ng isang totoong bagay. Ang lalaking iyon ay napakaraming taon nang nananampalataya sa Diyos, at nakapakinig na siya ng napakaraming sermon, pero ni hindi siya makapagsabi ni isang totoong salita; lahat ng sinabi niya ay kasinungalingan. Anong klaseng nilalang siya, kung gayon? Hindi ba’t nakakapandidiri at nakakasuklam ito? Marami bang taong gaya nito? Ganito ba kayo? Kapag nakikipag-usap kayo sa Akin, sa anong mga kalagayan kayo magsisinungaling sa Akin? Kung nagdulot kayo ng kung anong kapahamakan, at alam ninyong seryoso ang mga kinahinatnan at maaari kayong mapataksik, sa sandaling banggitin ito ng iba, magsisinungaling kayo para pagtakpan ito. Maaaring magsinungaling ang sinuman sa ganyang uri ng bagay. Ano pa ang maaaring pagsinungalingan ng mga tao? Ang pagsisinungaling para pagandahin ang kanilang imahe at pataasin ang tingin ng mga tao sa kanila. At saka mayroon ding mga taong alam na hindi sila magaling sa mga gawain nila, pero hindi nila hayagang sinasabi sa ang Itaas, dahil sa takot na tanggalin sila kung gagawin nila ito. Kapag nag-uulat sila ng gawain nila sa ang Itaas, nagkukunwari silang naghahanap sila ng mga paraan para lutasin ang problema, na nagbibigay sa iba ng huwad na impresyon. Lahat ng sinasabi nila ay kasinungalingan, at sila ay pundamental na walang kakayahang gumawa ng gawain. Kung hindi sila magtatanong ng ilang katanungan, natatakot sila na makikita ng ang Itaas ang mga hindi pagkakatumag at tatanggalin sila, kaya nagmamadali silang magkunwari. Ganito ang kaisipan ng mga huwad na lider at anticristo.

Pagnilayan ninyo ang tatlong prinsipyo ng pakikitungo sa Diyos na katatapos Ko lang ibinahagi. Alin ang hindi ninyo kayang gawin, at alin ang madali para sa inyong makamit? Ang katunayan, hindi madali na tunay na isagawa ang alinman sa mga ito, dahil nananahan ang mga demonyo sa puso ng mga tao. Hindi mo makakamit ang mga ito bago mo maiwaksi ang demonyo palabas sa puso mo. Kailangan mong labanan ang demonyo sa puso mo, at kung mapagtatagumpayan mo ito sa bawat pagkakataon, makakamit mo ang mga ito. Kung sa bawat pagkakataon ay mabibigo ka at mabibihag ka nito, hindi mo makakayang tuparin ang mga ito; hindi mo maisasagawa ang alinman sa mga prinsipyo. Kung kaya ninyong tuparin ang lahat ng tatlo, hindi lang kapag nakikisama o nakikipag-usap kayo sa Akin, kundi pati na rin sa mga regular ninyong pakikisalamuha sa mga kapatid, sa pagsunod sa mga prinsipyong ito, hindi ba’t makikinabang kayong lahat mula rito? (Oo.) Ngayong tapos na ang kuwento, pumunta na tayo sa pangunahing paksa.

Isang Paghihimay Kung Gaano Kabuktot, Lihim na Mapanira, at Kamapanlinlang ang mga Anticristo

Noong nakaraan ay pinagbahaginan natin ang ikapitong pagpapamalas ng mga anticristo—sila ay buktot, lihim na mapanira, at mapanlinlang. Dalawang beses nang

napagbahaginan ang aytem na ito. Ang unang pagtalakay ay tungkol sa buktot na kalikasan ng mga anticristo—ano ang pinagtuunan ng diskusyon na iyon? (Ang pagkamapanlaban at pagkamuhi sa katotohanan.) Nanlalaban at namumuhi sa katotohanan ang mga anticristo, kinamumuhian nila ang lahat ng positibong bagay na umaayon sa katotohanan at sa Diyos, na siyang una at pangunahing pagpapamalas ng kabuktutan ng mga anticristo. Ang unang diskusyon ay tungkol sa kung ano ang kinasusuklaman ng mga anticristo. Kinasusuklaman ng mga ordinaryong tao ang mga negatibong bagay at buktot na puwersa; kinasusuklaman nila ang mga bagay na marumi, madilim, at buktot. Gayunman, sa kabaligtaran nito, ang pinakamatibay na ebidensiya ng unang pagpapamalas ng buktot na kalikasan ng isang anticristo, ay na hindi nito kinasusuklaman ang mga negatibong bagay kundi kinasusuklaman nito ang lahat ng positibong bagay na may kinalaman sa katotohanan at sa Diyos, na siyang unang matibay na ebidensiya ng kabuktutan nito. Ang ikalawang diskusyon natin ay tungkol sa ikalawang matibay na ebidensiya ng mga pagpapamalas ng kabuktutan ng isang anticristo. Kung kinasusuklaman nito ang mga positibong bagay, ano ang minamahal nito? (Ang mga negatibong bagay.) Ano ang minamahal ng mga taong may normal na pagkatao? Minamahal nila ang katarungan, kabaitan, at kagandahan, kasama na rin ang pag-ibig, pasensiya, at pagpaparaya na may kinalaman sa pagkatao, pati na rin ang sentido komun at kaalaman na positibo at kapaki-pakinabang sa mga tao, at lahat ng positibong bagay mula sa Diyos, kasama na ang mga kautusan at panuntunang itinatag ng Diyos para sa lahat ng bagay, ang mga kautusan at atas administratibo ng Diyos, at lahat ng katotohanan at paraan ng pamumuhay na ipinahayag ng Diyos, pati na rin ang ibang bagay na may kinalaman sa Diyos. Salungat dito ang buktot na kalikasan ng isang anticristo; ayaw niya ng mga ito—ano ang gusto niya? (Mga kasinungalingan at panlalansi.) Tama, gusto niya ang mga kasinungalingan at panlalansi, pati na rin ang mga pagsasabwatan, at mga pagpapakana, iba’t ibang pamamaraan para sa mga makamundong pakikitungo, pambobola sa mga tao, pagiging sipsip, pati na rin ang alitan, katayuan, at awtoridad. Minamahal niya ang lahat ng negatibong bagay na ito na sumasalungat sa katotohanan at sa mga positibong bagay, na mismong nagpapakita ng buktot na kalikasan ng mga anticristo. Hindi ba’t kapani-paniwala ang mga ebidensiyang ito? (Oo.) Kahit na pawang kapani-paniwala ang mga ebidensiyang ito, may dalawang bahagi lamang na hindi pa maituturing na kompleto. Ngayon itutuloy nating talakayin ang ikatlong bahagi ng kung gaano kabuktot, lihim na mapanira, at kamapanlinlang ang mga anticristo. Siguradong iba ang ikatlong bahaging ito sa una at ikalawang bahagi, pero may kaugnayan ito sa mga iyon. Ano ang kaugnayan nito? Ang tatlong bahagi ay lahat tumatalakay sa diwang ito—ang buktot na kalikasan ng anticristo. Paano ito naiiba? Sa bahaging ito, ang mga minamahal at kinakailangan ng buktot na kalikasan nito, pati na rin ang mga kinamumuhian nito, ay iba mula sa dalawang bahaging natalakay na—iba ang nilalaman. Ang pagkakaibang ito ay hindi para sabihing gusto rin ng mga anticristo ang ilang positibong bagay o na kinamumuhian din ng mga ito ang ilang negatibong bagay; sa halip, binubuo ito ng isa

pang bahagi, na hindi lamang tungkol sa kung ano ang minamahal o kailangan ng mga ito, kundi umangat ito sa kung ano ang pinahahalagahan ng buktot na puwersang ito ng mga anticristo—sa ibang salita, kung ano ang sinasamba o hinahangaan nila. Maaaring sabihin ng ilang tao na, “Ang mga salitang gaya ng ‘pinahahalagahan,’ ‘sinasamba,’ at ‘hinahangaan’ ay dapat gamitin para tumukoy sa mga positibong bagay, kaya paano magagamit ang mga iyon sa mga anticristo? Angkop ba ang mga salitang ito?” Ang mga salitang ito ay hindi pumupuri ni nanlalait—walang kinikilingan ang mga ito. Samakatwid, ang gamitin ang mga ito rito ay hindi paglabag sa anumang prinsipyo at ito ay pinahihintulutan.

III. Isang Paghihimay sa mga Bagay na Sinasamba at Hinahangaan ng mga Anticristo

Ano ang sinasamba at hinahangaan ng mga anticristo? Una sa lahat, siguradong hindi nila sinasamba ang katotohanan, ang Diyos, o ang anumang maganda o mabuting bagay na may kinalaman sa Diyos. Kung gayon, ano mismo ang sinasamba nila? May naiisip ba kayong kahit na ano? Hayaan ninyong bigyan Ko kayo ng palatandaan. Ang mga taong nasa relihiyon na nananampalataya sa Panginoon, paano sila nalubog sa Kristiyanismo? Bakit sila itinuturing na ngayon na isang relihiyon, isang denominasyon, at hindi na ang iglesia ng Diyos, ang sambahayan ng Diyos, o ang pinagtutuunan ng gawain ng Diyos? May mga pagtuturo sila ng relihiyon; pinagsasama-sama nila sa isang aklat, sa mga materyales na panturo, ang gawaing minsang ginawa ng Diyos at ang mga salitang minsang binigkas ng Diyos, at pagkatapos ay nagbubukas sila ng mga paaralan, at kumukuha at nagsasanay sila ng iba’t ibang teologo. Ano ang pinag-aaralan ng mga teologong ito? Ang katotohanan ba? (Hindi.) Kung gayon ano ang pinag-aaralan nila? (Ang teolohikal na kaalaman.) Pinag-aaralan nila ang teolohikal na kaalaman at mga teorya, na wala namang kinalaman sa gawain ng Diyos o sa katotohanang sinabi ng Diyos. Pinapalitan nila ng mga teolohikal na kaalaman ang mga salita ng Diyos at ang gawain ng Banal na Espiritu, at sa ganoong paraan sila nalulubog sa Kristiyanismo o Katolisismo. Ano ang pinahahalagahan sa relihiyon? Kung pupunta ka sa isang simbahan, at may magtatanong sa iyo kung gaano katagal ka nang nananampalataya sa Diyos, at sasabihin mong kasisimula mo pa lamang manampalataya, hindi ka nila papansinin. Pero kung pupunta ka na may dalang Bibliya at sasabihin mong, “Katatapos ko lamang sa ganito at ganyang teolohikal na seminaryo,” aanyayahan ka nilang maupo sa marangal na puwesto. Kung karaniwang mananampalataya ka, hindi ka nila papansinin, maliban na lamang kung may prominenteng katayuan ka sa lipunan. Ganito ang Kristiyanismo, at ganito ang mundo ng relihiyon. Ang mga nasa simbahan na nangangaral at may katayuan, posisyon, at prestihiyo ay isang grupo ng mga taong sinanay sa mga teolohikal na seminaryo para magkaroon ng teolohikal na kaalaman at mga teorya, at sila ang pangunahing nagtataguyod sa Kristiyanismo. Sinasanay ng Kristiyanismo ang mga gayong tao na tumayo sa entablado at mangaral, na mag-ebanghelyo at gumawa

ng gawain saanman. Naniniwala silang masisiguro ang pag-iral ng Kristiyanismo hanggang sa kasalukuyan sa pamamagitan ng mga talentong tulad ng mga estudyante ng teolohiya, nangangaral na pastor, at teologo na ito, at ang mga taong ito ang nagiging halaga at kapital sa pag-iral ng Kristiyanismo. Kung ang pastor ng isang simbahan ay nagtapos sa isang teolohikal na seminaryo, maayos na natatalakay ang Bibliya, nakabasa na ng ilang espirituwal na aklat, at may kaunting kaalaman at galing magsalita, dadami ang dumadalo sa simbahang iyon at magiging mas sikat ito kaysa sa ibang simbahan. Ano ang pinahahalagahan ng mga taong ito na nasa Kristiyanismo? Ang kaalaman, ang teolohikal na kaalaman. Saan nanggagaling ang kaalamang ito? Hindi ba't ipinamana ito mula pa sa sinaunang panahon? May mga kasulatan na noon pang sinaunang panahon, na ipinamana ng bawat naunang henerasyon sa susunod, at sa ganitong paraan nababasa at natututunan ng lahat ang mga iyon hanggang ngayon. Hinahati ng mga tao ang Bibliya sa iba't ibang seksiyon, nagtitipon sila ng iba't ibang bersiyon, at hinihikayat nila ang pag-aaral at pagkatuto, pero ang pag-aaral nila sa Bibliya ay hindi para maunawaan ang katotohanan upang makilala ang Diyos, ni para maunawaan ang mga layunin ng Diyos upang matakot sila sa Diyos at umiwas sa kasamaan; sa halip ito ay para pag-aralan ang kaalaman at ang mga hiwaga ng Bibliya, para malaman kung aling mga pangyayari sa kung anong panahon ang tumupad sa kung anong propesiya sa Pahayag, at kung kailan mangyayari ang malalaking kalamidad at ang milenyo—pinag-aaralan nila ang mga ito. May kinalaman ba sa katotohanan ang pag-aaral nila? (Wala, wala itong kinalaman.) Bakit nila pinag-aaralan ang mga bagay na wala namang kinalaman sa katotohanan? Ito ay dahil habang mas nag-aaral sila, mas nadarama nilang nakakaunawa sila, at habang mas nasasangkapan sila ng mga salita at doktrina, nagiging mas kalipikado sila. Habang mas kalipikado sila, mas nadarama nilang mas maabilidad sila, at mas lalo silang naniniwala na sa wakas ay pagpapalain sila sa kanilang pananampalataya, na pupunta sila sa langit pagkamatay nila, o na dadalhin sa himpapawid ang mga buhay para salubungin ang Panginoon. Ito ang kanilang mga kurukuro sa relihiyon, na hinding-hindi naaayon sa mga salita ng Diyos.

Ang mga pastor at elder ng mundo ng relihiyon ay pawang mga taong pinag-aaralan ang biblikal na kaalaman at teolohiya; sila ay mga mapagpaimbabaw na Pariseo na lumalaban sa Diyos. Kung gayon paano sila naiiba sa mga anticristong nakakubli sa iglesia? Kasunod nito, pag-usapan natin ang koneksiyon ng dalawang ito. Ang mga nasa Kristiyanismo at Katolisismo ba na pinag-aaralan ang Bibliya, teolohiya, at maging ang kasaysayan ng gawain ng Diyos ay mga tunay na mananampalataya? Naiiba ba sila sa mga mananampalataya at tagasunod ng Diyos na tinutukoy ng Diyos? Sa mga mata ng Diyos, mga mananampalataya ba sila? Hindi, pinag-aaralan nila ang teolohiya, pinag-aaralan nila ang Diyos, pero hindi sila sumusunod sa Diyos o nagpapatotoo sa Kanya. Ang pag-aaral nila sa Diyos ay kapareho ng sa mga nag-aaral ng kasaysayan, pilosopiya, batas, biyolohiya, o astronomiya. Hindi nga lang nila gusto ang siyensiya o ang iba pang paksang-aralin—partikular nilang gustong pag-aralan ang teolohiya. Ano

ang kinalabasan ng paghahanap nila sa maliliit na bakas ng gawain ng Diyos para pag-aralan ang Diyos? Matutuklasan ba nila ang pag-iral ng Diyos? Hindi, hindi kailanman. Mauunawaan ba nila ang mga layunin ng Diyos? (Hindi.) Bakit? Dahil nabubuhay sila sa mga salita, sa kaalaman, sa pilosopiya, sa isip ng tao at sa mga kaisipan ng tao; hindi nila kailanman makikita ang Diyos o matatamo ang kaliwanagan ng Banal na Espiritu. Paano sila inilalarawan ng Diyos? Bilang mga hindi mananampalataya, bilang mga walang pananampalataya. Ang mga walang pananampalataya at hindi mananampalatayang ito ay nakikihalubilo sa diumano ay komunidad ng mga Kristiyano, kumikilos bilang mga mananampalataya sa Diyos, bilang mga Kristiyano, pero sa realidad, may tunay ba silang pagsamba sa Diyos? May tunay ba silang pagpapasakop? (Wala.) Bakit ganoon? Isa lang ang sigurado: Marami sa kanila ay hindi naniniwala sa puso nila na umiiral ang Diyos; hindi sila naniniwalang nilikha ng Diyos ang mundo at Siya ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay, at lalo nang hindi sila naniniwalang puwedeng maging tao ang Diyos. Ano ang ibig sabihin ng di-paniniwalang ito? Nangangahulugan itong magduda at magkaila. Nagkakaroon pa nga sila ng isang saloobing hindi umaasang matutupad o mangyayari ang mga propesiyang binigkas ng Diyos, lalo na iyong tungkol sa mga kalamidad. Ito ang saloobin nila sa pananampalataya sa Diyos, at ito ang diwa at totoong mukha ng kanilang diumano ay pananalig. Pinag-aaralan ng mga taong ito ang Diyos dahil partikular silang interesado sa paksang-aralin at sa kaalaman sa teolohiya, at sa mga katunayan ng kasaysayan ng gawain ng Diyos; sila ay talagang isang grupo ng mga intelektuwal na pinag-aaralan ang teolohiya. Hindi naniniwala ang mga intelektuwal na ito sa pag-iral ng Diyos, kaya paano sila tumutugon kapag gumagawa na ang Diyos, kapag natutupad na ang mga salita ng Diyos? Ano ang una nilang reaksiyon kapag narinig nilang ang Diyos ay naging tao at nagsimula na ng isang bagong gawain? “Imposible!” Ang sinumang nangangaral ng bagong pangalan ng Diyos at ng bagong gawain ng Diyos ay kinokondena nila, at gusto pa nga nilang patayin o paslangin ito. Anong klase ng pagpapamalas ito? Hindi ba’t pagpapamalas ito ng isang tipikal na anticristo? Anong pagkakaiba nila sa mga sinaunang Pariseo, punong pari, at mga eskriba? Mapanlaban sila sa gawain ng Diyos, sa paghatol ng Diyos sa mga huling araw, sa pagiging tao ng Diyos, at bukod pa roon, mapanlaban sila sa pagsasakatuparan ng mga propesiya ng Diyos. Naniniwala silang, “Kung hindi ka naging tao, kung nasa anyo ka ng isang espirituwal na katawan, ikaw ay diyos; kung nagkatawang-tao ka at ikaw ay naging isang tao, ibig sabihin ay hindi ka diyos, at hindi ka namin kinikilala.” Ano ang ipinahihiwatig nito? Ibig sabihin nito ay hangga’t narito sila, hindi nila hahayaang maging tao ang Diyos. Hindi ba’t ganito ang isang tipikal na anticristo? Isa itong tunay na anticristo. May ganitong klaseng argumento ba ang mundo ng relihiyon? Maingay at lubhang malakas ang tinig ng argumentong ito, na nagsasabing, “Mali at imposible na nagiging tao ang diyos! Kung nagkatawang-tao siya, ibig sabihin ay huwad siya!” May mga tao ring nagsasabing, “Malinaw na nananalig sila sa isang tao; mga nailigaw lang sila!” Kung nasasabi nila ito, kung naroroon sila noong nagpakita at gumawa ang Panginoong Jesus

dalawang libong taon na ang nakakaraan ay hindi sila mananampalataya sa Panginoong Jesus. Nananampalataya sila ngayon sa Panginoong Jesus, pero sa katunayan, nananampalataya lamang sila sa pangalan ng Panginoong Jesus, sa dalawang salitang, “Panginoong Jesus,” at nananampalataya sila sa isang malabong diyos na nasa langit. Samakatwid, hindi sila mga mananampalataya sa Diyos, sila ay mga hindi mananampalataya. Hindi sila naniniwala sa pag-iral ng Diyos, sa pagkakatawang-tao ng Diyos, sa gawain ng paglikha ng Diyos, at lalong hindi sa gawain ng pagtubos ng Diyos para sa buong sangkatauhan sa pamamagitan ng pagkakapako sa krus. Ang teolohiyang pinag-aaralan nila ay isang uri ng teorya o tesis ng relihiyon, na walang iba kundi mga tila makatwirang panlilinlang na inililigaw ang mga tao. Ano ang hindi maiiwasang koneksiyon ng mga diumano ay teolohikal na intelektuwal na ito ng Kristiyanismo sa mga anticristong nasa ating iglesia? Ano ang koneksiyon ng kanilang iba’t ibang pag-uugali sa kalikasang diwa ng mga anticristo na tinatalakay natin? Bakit kailangan silang pag-usapan? Huwag muna nating pag-usapan sa ngayon ang mga tao sa Kristiyanismo; sa halip, tingnan natin kung paano tinatrato ng mga inilalarawan na anticristo ang katotohanan, at mula sa saloobin nila sa katotohanan, tingnan natin kung ano ba talaga ang pinahahalagahan nila. Una sa lahat, pagkatapos nilang maarok ang ilang katotohanan, paano nila nauunawaan ang mga katotohanang ito? Paano nila tinatrato ang mga katotohanang ito? Ano ang saloobin nila sa mga katotohanang ito? Tinatanggap ba nila ang mga salitang ito bilang kanilang landas ng pagsasagawa, o ginagamit ba nila ang mga ito bilang isang uri ng teorya, at pagkatapos ay humahayo sila at ipinangangaral ang mga ito sa iba? (Tinatrato nila ang mga iyon bilang isang klase ng teorya para ipangaral.) Tinatrato nila ang mga iyon bilang isang klase ng teoryang dapat matutuhan, suriin, at pag-aralan, at pagkatapos pag-aralan, natututuhan nila ang mga iyon sa isip nila at sa kanilang mga kaisipan; natatandaan nila ang mga iyon, kaya nilang talakayin ang mga iyon, at mahusay nilang nasasabi ang mga iyon, at pagkatapos ay ipinagmamalaki nila ang mga iyon kung saan-saan. Gaano man sila kahabang magsalita, may isang bagay na hindi mo kayang makita, na gaano man karaming doktrina ang sabihin nila, gaano man sila kagaling magsalita, gaano man karaming tao ang kausapin nila, gaano man kahusay, gaano man karaming nilalaman, o kung alinsunod ba ito sa katotohanan, hindi mo makikita ang anumang resulta sa kanila—hindi mo makikita ang kanilang pagsasagawa. Ano ang ipinahihiwatig nito? Hindi nila tinatanggap ang katotohanan. Ano ang turing nila sa katotohanan? Isang kasangkapan para magpakitang-gilas. Halimbawa, sinasabi ng Diyos sa mga tao na maging matapat at ipinaliliwanag Niya sa kanila kung ano ang mga pagpapamalas ng isang matapat na tao, kung paano dapat magsalita, kumilos, at gumawa ng tungkulin nito ang isang matapat na tao. Pagkatapos makinig dito, ano ang reaksiyon nila? Anong epekto ng mga salitang ito sa kanila? Una, hindi nila kailanman tinatanggap ang mga salitang ito. Ano ang saloobin nila? “Naiintindihan ko na: Hindi nagsisinungaling ang matapat na tao, sinasabi ng matapat na tao ang katotohanan sa iba at kaya nilang ipagtapat ang nasa puso nila, ang matapat na tao

ay ginagawa ang kanilang mga tungkulin nang matapat, hindi nang pabasta-basta.” Tinatandaan nila ang mga salitang ito bilang teorya. Kaya ba silang baguhin ng ganitong klaseng teorya, kapag nagkaugat na ito sa mga puso nila? (Hindi.) Kung gayon bakit pa rin nila tinatandaan ito? Gusto nila ang pagiging tama ng mga salitang ito, at ginagamit nila ang mga tamang teoryang ito para balutin ang sarili nila, kaya tumataas ang tingin sa kanila ng iba. Ano ba ang tinitingala ng mga tao? Iyon ay ang kakayahan nilang mahusay at mahabang magsalita ng mga tamang salita—iyon ang gusto ng mga taong ito. Pagkatapos nilang marinig ang mga salitang ito, seryoso ba nilang tinanggap ang mga ito? (Hindi, hindi pa.) Bakit hindi? Paano ninyo nasabi? (Hindi nila isinasagawa ang mga iyon.) Bakit nila hindi isinasagawa ang mga iyon? Sa puso nila, iniisip nila, “Ito ba ang mga salita ng diyos? Simple lang, natatandaan ko ang mga iyon pagkarinig ko sa mga iyon nang minsan. Kaya kong sabihin kung paano dapat kumilos ang isang matapat na tao matapos kong minsang marinig ito; kailangan pa ninyong lahat na magsulat at pagbulayan ito, pero ako, hindi na!” Itinuturing nila ang mga salita ng Diyos na isang uri ng teorya o kaalaman; hindi nila pinagbubulayan sa puso nila kung paano maging isang matapat na tao, hindi nila ikinukumpara ang sarili nila rito, hindi nila sinusuri ang kanilang mga kilos para makita nila kung gaano sila kalayo sa pagiging isang matapat na tao o kung anong mga kilos ang ginagawa nila na sumasalungat sa mga prinsipyo ng pagiging isang matapat na tao, at hindi nila kailanman iniisip na, “Mga salita ito ng Diyos, kaya katotohanan ang mga ito. Dapat maging matapat ang mga tao, kaya paano dapat kumilos ang isang tao upang maging isang matapat na tao? Paano ako kikilos sa paraang mapapalugod ang Diyos? Ano ba ang nagawa ko na hindi matapat? Aling mga pag-uugali ang hindi sa matatapat na tao?” Ganito ba sila mag-isip? (Hindi, hindi ganito.) Kung gayon ano ang iniisip nila? Iniisip nila, “Ganito pala ang isang matapat na tao? Ito ba ang katotohanan? Hindi ba’t teorya lamang ito, isang islogan? Kailangan lang magmukhang may mataas na moralidad, hindi na ito kailangang isagawa.” Bakit hindi nila ito isinasagawa? Pakiramdam nila, “Kung sasabihin ko sa iba ang nasa puso ko, hindi ba’t ilalantad ko ang sarili ko? Kung ilalantad ko ang sarili ko at makikilatis ako ng iba, titingalain pa rin ba nila ako? Kung magsasalita ako, makikinig pa rin ba ang iba sa akin? Ang ibig sabihin ng mga salita ng diyos ay na hindi puwedeng magsinungaling ang isang taong matapat; kung hindi magsisinungaling, hindi ba’t wala nang matitirang pagkapribado sa puso ng mga tao? Hindi ba’t pagpapahintulot iyon na makilatis ka ng iba? Hindi ba’t ang pamumuhay nang gayon ay kahangalan?” Ito ang pananaw nila. Nangangahulugan iyon na kapag tinanggap nila ang isang teoryang itinuturing nilang tama, nagkakaroon sila ng mga ideya sa puso nila. Ano ang mga ideyang ito? Bakit Ko sinasabing buktot sila? Sinusuri muna nila ang mga epekto ng mga salitang ito sa kanila, ang mga pakinabang at kawalan na madadala nito sa kanila. Kapag nasuri na nila ang mga salita at nalaman nilang walang pakinabang sa kanila ang mga iyon, iniisip nila, “Hindi ako puwedeng magsagawa nang ganito, hindi ko ito gagawin, hindi ako ganoon kahangal, hindi ako magiging kasinghangal at kasingsimple ninyo! Kahit kailan, kailangan ko palaging

manatili sa sarili kong mga ideya at panatilihin ang mga pananaw ko. Maaaring mayroon kang isang libong plano, pero mayroon akong isang patakaran; hindi ko puwedeng ilantad ang pakanang nasa puso ko—ang pagiging isang taong matapat ay para sa mga hangal!” Sa isang banda, ikinakaila nila na katotohanan ang mga salita ng Diyos; sa kabilang banda, tinatandaan nila ang ilang mahahalagang parirala para balutin ang sarili nila, para ipakita sa mga tao na mukha silang tunay na mananampalataya sa Diyos, na mukha silang espirituwal na tao. Ito ang pinag-iisipan nila sa puso nila.

Madalas ding nakikinig ng mga sermon ang mga anticristo, pati na rin ng pagbabahaginan ng iba tungkol sa katotohanan, pero tila wala silang anumang reaksiyon sa katotohanan. Gaano man karaming sermon ang pakinggan nila, para bang hindi sila kailanman nakinig, at patuloy silang gumagawa ng masasamang gawa nang walang ingat ayon sa sarili nilang mga kagustuhan tulad ng dati. Pinatutunayan nito na hindi sila interesado sa katotohanan at hindi nila ito minamahal. Anong minamahal nila? Minamahal nila ang tama, bago, at medyo mas pinong teoretikal na kaalaman na makakapagbalot sa kanila nang mas perpekto, mas kagalang-galang, na mas may dignidad, at mag-uudyok sa mga taong mas sambahin sila. Hindi ba’t buktot ito? (Oo.) Ano ang buktot dito? Anumang aspekto ng katotohanan ang ibahagi ng isang anticristo, kaya niya palaging gumawa ng mga tila kapani-paniwalang teorya o tamang salita para iligaw ang mga tao at pasunurin ang mga ito sa kanya, na kasingbuktot lang ni Satanas. Ang kabuktutan ng isang anticristo ay naipapamalas sa kanyang mga buktot na pakana, mga pagbabalak, at isang kompletong grupo ng mga plano, gustong magpanggap na nagbabasa ng mga salita ng Diyos para makahanap ng isang teoretikal na batayan para isagawa ang kanyang kabuktutan; ito ang kabuktutan ng anticristo. Sinisipi nila ang mga salita ng Diyos nang wala sa konteksto para lamang iligaw ang mga tao at magpakitang-gilas. Kapag nakikinig sila sa mga pagbabahaginan at mga sermon at nakakarinig sila ng bagong parirala na puwede nilang magamit, isinusulat nila ito agad. Nakikita ng mga hangal na tao ang gayong pag-uugali at inaakala nilang, “Gaano sila kagutom at kauhaw sa pagiging matuwid, nagsusulat sila tuwing nakikinig sila sa sermon, at siguradong marami silang espirituwal na pang-unawa, dahil isinusulat nila ang bawat mahalagang punto!” Ang pagsusulat ba nila ng tala ay katulad ng sa ibang tao? Hindi. Nagsusulat ang ilang tao dahil iniisip nila, “Magandang pahayag ito. Hindi ko ito nauunawaan, kaya kailangan ko itong isulat at gamitin kalaunan sa pagsasagawa, para may landas at mga prinsipyo ako sa aking pagsasagawa.” Ganito ba mag-isip ang anticristo? Ano ang motibasyon nila? Iniisip nila, “Itinala ko ang isang aytem ng katotohanan ngayon na hindi pa ninyo naririnig, at hindi ko ito sasabihin kaninuman o ibabahagi sa iba—nakamit ko ito, at isang araw ay sasabihin ko sa inyong lahat ang tungkol dito at magpapakitang-gilas ako para maipaalam sa inyo na talagang nauunawaan ko ang katotohanan, at ipapakita ng lahat ang pagsang-ayon nila.” Maaaring isipin mong nagmamahal at nauuhaw ang mga anticristo sa katotohanan dahil nagsusulat sila nang ganito at tumpak ang mga isinulat nila, pero anong nangyayari pagkatapos nilang magsulat? Isinasara

nila ang kanilang kuwaderno, at iyon na iyon. Kapag isang araw ay naging mangangaral na sila at hindi nila alam kung ano ang ipangangaral, mabilis nilang titingnan ang kuwaderno nila, aayusin ang laman ng sermon nila, babasahin ito, memoryahin ito, at isusulat ito mula sa memorya nila hanggang sa maging malinaw na itong lahat sa isip nila. Saka lamang sila makadarama ng “kumpiyansa sa sarili nila,” inaakalang sa wakas ay taglay na nila ang “katotohanan” at puwede na silang mangaral ng mga hungkag na salita saanman sila pumunta. Ang isang katangian ng sinasabi ng mga taong ito ay na pawang hungkag na doktrina, argumento, at patakaran ito. Kapag may mga partikular kang paghihirap o nakakatuklas ka ng mga isyu at naghahanap ka ng mga solusyon mula sa kanila, bibigyan ka pa rin nila ng isang tambak lang na doktrina, habang nagsasalita nang malinaw at lohikal. Kung tatanungin mo sila kung paano ito isasagawa, wala silang masabi. Kung hindi nila ito masabi, ibig sabihin ay may seryosong problema, at pinatutunayan nito na hindi nila nauunawaan ang katotohanan. Ang mga taong hindi nauunawaan ang katotohanan at hindi minamahal ang katotohanan ay madalas na tinatrato ito bilang isang klase lang ng kasabihan o teorya. At anong nangyayari sa huli? Pagkatapos ng maraming taong pananampalataya sa Diyos, kapag may nangyayari sa kanila, hindi nila ito nakikilatis, hindi nila kayang magpasakop, at hindi nila alam kung paano hanapin ang katotohanan. Kapag may nakikipagbahaginan sa kanila, mayroon silang “sikat na kasabihan” na ipinangsasagot nila: “Huwag ka nang magsabi sa akin ng kahit na ano, nauunawaan ko ang lahat. Noong nangangaral pa ako, ni hindi mo pa nga natututuhang maglakad!” Ito ang kanilang “sikat na kasabihan.” Sinasabi nilang nauunawaan nila ang lahat, pero bakit hindi sila makasulong tuwing may mga lumilitaw na isyu? Bilang isang taong nakakaunawa, bakit hindi ka makaaksiyon? Bakit ka nahahadlangan at nalilito nito? Nauunawaan mo ba ang katotohanan o hindi? Kung nauunawaan mo ito, bakit hindi mo ito matanggap? Kung nauunawaan mo ito, bakit hindi ka makapagpasakop? Ano ang unang bagay na dapat gawin ng mga tao kapag naunawaan na nila ang katotohanan? Dapat silang magpasakop; wala nang iba. Sinasabi ng ilang tao, “Nauunawaan ko ang lahat ng bagay—huwag ka nang makipagbahaginan sa akin, hindi ko kailangan ang tulong ng iba.” Wala namang problema kung hindi nila kailangang tulungan sila ng ibang tao, pero ang nakakahinayang ay na kapag mahina sila, ang mga doktrinang nauunawaan nila ay walang anumang silbi. Ni ayaw nga nilang gawin ang mga tungkulin nila, at umuusbong din sa kanila ang masamang pagnanais na abandonahin ang pananampalataya nila. Pagkatapos ng napakaraming taon ng pangangaral ng mga teolohikal na teorya, bigla na lang silang titigil sa pananampalataya, at bigla na lang silang aalis—may anumang tayog ba sila? (Wala, wala silang tayog.) Kung walang tayog, wala ring buhay. Kung may buhay ka, bakit hindi mo mapagtagumpayan ang gayon kaliit na usapin? Hindi ba’t magaling kang magsalita? Kung gayon, kumbinsihin mo na ang sarili mo. Kung hindi mo nga makumbinsi ang sarili mo, ano ba mismo ang nauunawaan mo? Ang katotohanan ba? Kayang lutasin ng katotohanan ang aktuwal na mga paghihirap ng mga tao, at kaya rin nitong lutasin ang

mga tiwaling disposisyon ng mga tao. Bakit ang “mga katotohanang” nauunawaan mo ay hindi kayang lutasin maging ang sarili mong mga problema? Ano ba mismo ang nauunawaan mo? Mga doktrina lamang iyon.

Tungkol naman sa ikapitong pagpapamalas ng mga anticristo—na sila ay buktot, lihim na mapanira, at mapanlinlang—katatalakay Ko lang sa ikatlong bahagi ng pagpapamalas na ito: Pinahahalagahan nila ang kaalaman at pag-aaral. Pinahahalagahan ng mga anticristo ang kaalaman at pag-aaral—ano rito ang makakapagpakita ng kanilang buktot na disposisyon? Bakit sinasabing ang pagpapahalaga nila sa kaalaman at pag-aaral ay nangangahulugang may buktot silang diwa? Siguradong kailangan nating pag-usapan ang mga katunayan dito, dahil kapag tinalakay lamang natin ang mga hungkag na salita o teorya, baka magkaroon ang mga tao ng hindi balanse at hindi ganap na pagkaunawa rito. Una, simulan natin sa mas matagal nang nangyari sa kasaysayan. Habang nagsasalita Ako, ikumpara ninyo ang mga salita Ko sa mga kilos at pag-uugali ng mga anticristo, at ikumpara ninyo ang mga ito sa mga pagpapamalas at diwa ng mga anticristo. Pag-usapan muna natin ang mga Pariseo dalawang libong taon na ang nakalilipas. Noong panahong iyon, mga mapagpaimbabaw na tao ang mga Pariseo. Noong ang Diyos ay nagkatawang-tao, nagpakita, at gumawa sa unang pagkakataon, bukod sa hindi tinanggap ng mga Pariseo ang kahit katiting na katotohanan, masigasig pa nilang kinondena at nilabanan ang Panginoong Jesus, kaya isinumpa sila ng Diyos. Kaya nitong patunayan na ang mga Pariseo ay klasikong kinatawan ng mga anticristo. Ang “mga anticristo” ang naging isa pang pangalan ng mga Pariseo, at sa diwa, ang mga Pariseo ay kaparehong klase ng mga tao gaya ng mga anticristo. Samakatwid, ang simulan sa mga Pariseo ang paghihimay ng buktot na kalikasan ng mga anticristo ay isang mas mabilis na paraan. Kaya, ano ang ginawa ng mga Pariseo na nagpakita sa mga tao na nagtataglay ang mga ito ng buktot na kalikasan ng anticristo? Kababanggit Ko lang ngayon na pinahahalagahan ng mga anticristo ang kaalaman at pag-aaral; sa aling mga tao may malapit na kaugnayan ang kaalaman at pag-aaral? Sino ang mga pagsasakatawan ng mga ito? Tumutukoy ba ito sa mga masteral at doktoral na estudyante? Hindi, masyado nang malayo iyon—tumutukoy ang mga ito sa mga Pariseo. Ang dahilan kung bakit mapagpaimbabaw ang mga Pariseo, ang dahilan kung bakit sila buktot, ay dahil tutol sila sa katotohanan pero minamahal nila ang kaalaman, kaya pinag-aaralan lamang nila ang Kasulatan at hinahangad ang kaalaman sa kasulatan pero hindi kailanman tinatanggap ang katotohanan o ang mga salita ng Diyos. Hindi sila nananalangin sa Diyos kapag nagbabasa sila ng Kanyang mga salita, ni hinahanap o pinagbabahaginan nila ang katotohanan. Sa halip, pinag-aaralan nila ang mga salita ng Diyos, pinag-aaralan kung ano ang sinabi at ginawa ng Diyos, at sa gayon ay ginagawa nilang teorya ang mga salita ng Diyos, isang doktrinang ituturo sa iba, na tinatawag na akademikong pag-aaral. Bakit sila gumagawa ng akademikong pag-aaral? Ano ang pinag-aaralan nila? Sa mga mata nila, hindi ito mga salita ng Diyos o pagpapahayag ng Diyos, at lalong hindi ito ang katotohanan. Sa halip, isa itong klase ng pag-aaral, o maaari pa ngang sabihin na ito ay isang teolohikal

na kaalaman. Sa pananaw nila, ang ipalaganap ang kaalamang ito, ang pag-aaral na ito, ay ang ipakalat ang daan ng Diyos, ang ipakalat ang ebanghelyo—ito ang tinatawag nilang pangangaral, pero ang ipinangangaral nila ay pawang teolohikal na kaalaman.

Paano naipapamalas ang mga buktot na bahagi ng mga Pariseo? Una, simulan natin ang talakayan sa kung paano tinrato ng mga Pariseo ang nagkatawang-taong Diyos, at baka mas maunawaan ninyo ito nang kaunti pa. Tungkol naman sa nagkatawang-taong Diyos, dapat muna nating pag-usapan kung sa anong uri ng pamilya at pinanggalingan isinilang ang nagkatawang-taong Diyos dalawang libong taon na ang nakalilipas. Una sa lahat, hindi man lang ipinanganak sa isang mayamang pamilya ang Panginoong Jesus—hindi masyadong kilala ang Kanyang angkan. Ang ama-amahan Niya, na si Jose, ay isang karpintero, at ang Kanyang ina, na si Maria, ay isang ordinaryong mananampalataya. Ang pagkakakilanlan at ang katayuan sa lipunan ng Kanyang mga magulang ay kumakatawan sa pinanggalingang pamilya kung saan ipinanganak ang Panginoong Jesus, at malinaw na ipinanganak Siya sa isang pangkaraniwang pamilya. Ano ang ibig sabihin ng “pangkaraniwan”? Tumutukoy ito sa ordinaryong masa, sa isang pangkaraniwang sambahayan na nasa mababang antas ng lipunan, na walang kinalaman sa mararangyang pamilya, na walang anumang kaugnayan sa prominenteng katayuan, at lalong hindi aristokratiko. Dahil ipinanganak Siya sa isang ordinaryong pamilya, na may mga ordinaryong magulang, na walang tanyag na katayuan sa lipunan o kilalang pinanggalingan ng pamilya, malinaw na ang pinanggalingan at ang pamilya kung saan ipinanganak ang Panginoong Jesus ay karaniwan lamang. Itinala ba sa Bibliya na nakatanggap ng anumang espesyal na edukasyon ang Panginoong Jesus? Nag-aral ba Siya sa isang seminaryo? Sinanay ba Siya ng isang mataas na pari? Nakabasa ba Siya ng maraming aklat kagaya ni Pablo? May malapit ba siyang ugnayan o pakikitungo sa matataas sa lipunan o sa matataas na pari ng Hudaismo? Wala, wala Siyang ugnayan. Kung titingnan ang katayuan sa lipunan ng pamilyang sinilangan ng Panginoong Jesus, malinaw na hindi Niya makakasalamuha ang matataas na antas ng mga eskriba at Pariseong Hudyo; limitado Siya sa pamumuhay kasama ng mga ordinaryong Hudyo. Paminsan-minsan, pumupunta Siya sa sinagoga, at ang mga taong nakakaharap Niya ay pangkaraniwang lahat. Ano ang ipinakikita nito? Habang lumalaki ang Panginoong Jesus, bago Niya pormal na sinimulan ang Kanyang gawain, hindi pa rin nagbago ang kinalakhan Niyang pinanggalingan. Kahit tumuntong na Siya sa edad na labindalawa, hindi nagsimulang sumagana ang pamilya Niya at hindi Siya yumaman, lalo pa ang magkaroon ng pagkakataong makasalamuha ang mga taong nasa matataas na antas ng lipunan o nasa relihiyosong mundo, at hindi rin Siya nagkaroon ng pagkakataong makatanggap ng mas mataas na edukasyon noong lumalaki Siya. Anong mensahe ang ibinibigay nito sa mga sumunod na henerasyon? Ang ordinaryo at normal na taong ito, na Siyang nagkatawang-taong Diyos, ay walang pagkakataon ni mga kondisyon para makatanggap ng mas mataas na edukasyon. Katulad Siya ng mga ordinaryong tao, namuhay Siya sa isang pangkaraniwang kapaligiran ng lipunan, sa isang ordinaryong

pamilya, at walang espesyal sa Kanya. Dahil mismo rito, matapos mabalitaan ang mga sermon at kilos ng Panginoong Jesus, ang mga eskriba at Pariseong iyon ay naglakas-loob na tumayo at lantaran Siyang husgahan, lapastanganin, at kondenahin. Ano ang batayan nila sa kanilang pagkondena? Walang duda, batay ito sa mga kautusan at patakaran ng Lumang Tipan. Una, pinangunahan ng Panginoong Jesus ang Kanyang mga disipulo na huwag sundin ang Sabbath—gumawa pa rin Siya noong Sabbath. Bukod pa rito, hindi Niya sinunod ang mga kautusan at patakaran at hindi Siya pumunta sa templo, at nang makaharap Niya ang mga makasalanan, tinanong Siya ng ilang tao kung paano harapin ang mga ito, pero hindi Niya hinarap ang mga ito ayon sa kautusan, sa halip nagpakita Siya sa kanila ng awa. Wala sa mga aspektong ito ng mga pagkilos ng Panginoong Jesus ang naaayon sa mga relihiyosong kuru-kuro ng mga Pariseo. Dahil hindi nila minamahal ang katotohanan at sa gayon ay kinamumuhian nila ang Panginoong Jesus, ginamit nilang dahilan ang paglabag ng Panginoong Jesus sa kautusan para masigasig nila Siyang kondenahin, at nagpasya sila na kailangan Siyang patayin. Kung isinilang ang Panginoong Jesus sa isang prominente at kilalang pamilya, kung mataas ang pinag-aralan Niya, at kung malapit ang ugnayan Niya sa mga eskriba at Pariseong ito, hindi sana nangyari sa Kanya nang panahong iyon ang gaya nang nangyari sa kalaunan—maaaring nagbago ang mga iyon. Dahil mismo sa pagiging ordinaryo Niya, sa pagiging normal Niya, at sa kalagayan ng Kanyang kapanganakan kung kaya't kinondena Siya ng mga Pariseo. Ano ba ang batayan nila sa pagkondena sa Panginoong Jesus? Iyon ay ang mga patakaran at kautusan na pinanghawakan nila, na pinaniwalaan nilang hindi magbabago magpasawalang-hanggan. Pinanghawakan ng mga Pariseo ang mga teolohikal na teorya na naarok nila bilang kaalaman at bilang kasangkapan para timbangin at kondenahin ang mga tao, ginamit pa nga nila ito sa Panginoong Jesus. Ganito kinondena ang Panginoong Jesus. Ang paraan ng pagtimbang o pagtrato nila sa isang tao ay hindi kailanman nakabatay sa diwa ng tao, ni sa kung ang ipinangaral ba ng isang tao ay ang katotohanan, at lalong hindi sa pinagmulan ng mga salitang sinabi ng taong iyon—ang paraan ng pagtimbang o pagkondena ng mga Pariseo sa isang tao ay nakabatay lamang sa mga regulasyon, salita, at doktrinang naarok nila sa Lumang Tipan ng Bibliya. Kahit alam ng mga Pariseo sa puso nila na ang sinabi at ginawa ng Panginoong Jesus ay hindi isang kasalanan o paglabag sa kautusan, kinondena pa rin nila ang Panginoong Jesus, dahil ang mga katotohanang ipinahayag Niya at ang mga tanda at kababalaghang ginawa Niya ay nag-udyok sa mga tao na sumunod sa Kanya at purihin Siya. Namuhi nang namuhi sa Kanya ang mga Pariseo, at gusto pa nga Siyang alisin sa eksena. Hindi nila kinilala na ang Panginoong Jesus ay ang Mesiyas na darating, ni kinilala nila na taglay ng mga salita Niya ang katotohanan, at lalo nilang hindi kinilala na alinsunod sa katotohanan ang gawain Niya. Hinusgahan nila ang Panginoong Jesus bilang nagsasalita ng mga mapangahas na salita at nagpapalayas ng mga demonyo sa pamamagitan ni Beelzebub, na prinsipeng ng mga demonyo. Dahil isinisisi nila ang mga kasalanang ito sa Panginoong Jesus, ito ay nagpapakita kung gaano

sila namumuhi sa Kanya. Kaya, masigasig silang gumawa para itatwa na isinugo ng Diyos ang Panginoong Jesus, at na Siya ang Anak ng Diyos, at na Siya ang Mesiyas. Ang ibig nilang sabihin ay, “Gagawin ba ng diyos ang mga bagay-bagay sa ganitong paraan? Kung nagkatawang-tao ang diyos, ipinanganak sana siya sa isang pamilyang may makapangyarihang katayuan. At kakailanganin niyang tanggapin ang pagtuturo ng mga eskriba at Pariseo. Kailangan niyang sistematikong pag-aralan ang mga Kasulatan, magkaroon ng pagkaarok sa kaalaman sa kasulatan, at masangkapan ng lahat ng kaalaman sa Kasulatan bago niya makuha ang pangalang ‘nagkatawang-taong diyos.’” Pero hindi nasangkapan ang Panginoong Jesus ng ganitong kaalaman, kaya kinondena nila ang Panginoong Jesus, nagsasabing, “Unang-una, hindi ka kalipikado, kaya hindi puwedeng ikaw ang diyos; ikalawa, kung wala ka ng kaalamang ito sa kasulatan, hindi mo magagawa ang gawain ng diyos, lalo na ang maging diyos ka; ikatlo, hindi ka dapat gumawa sa labas ng templo—hindi ka ngayon gumagawa sa loob ng templo, kundi kasama mo palagi ang mga makasalanan, kaya ang gawaing ginagawa mo ay lagpas na sa saklaw ng Kasulatan, kaya lalong hindi posibleng ikaw ang diyos.” Saan galing ang batayan nila ng pagkondena? Mula sa Kasulatan, mula sa isip ng tao, at mula sa teolohikal na edukasyong natanggap nila. Dahil punong-puno ng mga kuru-kuro, imahinasyon, at kaalaman ang mga Pariseo, naniwala silang tama ang kaalamang ito, na ito ang katotohanan, na makatwiran itong batayan, at hindi kailanman masasalungat ng Diyos ang mga ito. Hinanap ba nila ang katotohanan? Hindi. Ano ang hinanap nila? Ang isang kahima-himalang diyos na nagpakita sa anyo ng isang espirituwal na katawan. Kaya, tinukoy nila ang mga hangganan ng gawain ng Diyos, itinatwa ang Kanyang gawain, at hinusgahan kung tama ba o mali ang Diyos ayon sa mga kuru-kuro, imahinasyon, at kaalaman ng tao. At ano ang naging pangwakas na resulta nito? Hindi lamang nila kinondena ang gawain ng Diyos, ipinako pa nila sa krus ang nagkatawang-taong Diyos. Ito ang nangyari sa paggamit nila ng kanilang mga kuru-kuro, imahinasyon, at kaalaman para timbangin ang Diyos, at ito ang kung ano ang buktot sa kanila.

Kung huhusgahan batay sa pagpapahalaga ng mga Pariseo sa kaalaman at pag-aaral, nasaan ba ang kabuktutan nila? Paano ito naipapamalas? Paano natin masusuri at mahihimay ang buktot na kalikasan ng mga gayong tao? Kilala ang paggalang ng mga Pariseo sa kaalaman at pag-aaral, at hindi na kailangang idetalye pa ito. Kaya, ano ba mismo ang buktot na kalikasang nabubunyag dito? Paano natin mahihimay at makikilatis ang buktot na kalikasan ng mga gayong tao? Magsalita nga ang sinuman sa inyo. (Ginagamit nila ang teoretikal na kaalaman para salungatin ang diwa ng Diyos; isa ito sa mga pagpapamalas nila ng kabuktutan.) Ang pagsalungat ay isang pagkilos, kung gayon, bakit sila sumasalungat? Ang pagsalungat ay may kaunting malupit na disposisyon, pero hindi ninyo pa rin natatalakay ang kabuktutan. Bakit sila sumasalungat? Dahil ba ito sa gusto o ayaw nila sa Kanya? Ayaw nila sa ganitong klaseng Diyos, dahil naniniwala silang, “Ang diyos ay dapat nasa langit, nasa ikatlong langit, hinahangaan ng lahat, hindi maaabot ng mga tao, hindi maaarok ng mga ito, ang siya na dapat tingalain

ng buong sangkatauhan, ng lahat ng nilikha, at maging ng lahat ng may buhay sa sansinukob—ganoon ang diyos! Ngayon pumarito na ang diyos, pero isinilang ka sa tahanan ng isang karpintero, mga ordinaryong tao lamang ang mga magulang mo, at isinilang ka pa nga sa sabsaban. Ang kondisyon ng kapanganakan mo ay hindi lang ordinaryo, mas mababa pa ito sa ordinaryo at mas mababa pa sa pangkaraniwan—paano ito matatanggap ng mga tao? Kung paparito talaga ang diyos, hindi siya puwedeng pumarito nang ganito!” Hindi ba’t ganito nililimitahan ng mga tao ang Diyos? Nililimitahan ng lahat ng tao ang Diyos sa ganitong paraan. Sa katunayan, sa kaibuturan nila ay malabo rin nilang nadaramang hindi isang ordinaryong tao ang Panginoong Jesus, na tama ang sinabi ng Panginoong Jesus, at na iyong mga kasalanang inakusa ng mga tao sa Kanya ay hindi talaga tumugma sa mga katunayan. Kayang pagalingin ng Panginoong Jesus ang mga may sakit at palayasin ang mga demonyo, at hindi sila makakita ng anumang kamalian ni makahanap ng anumang magagamit nila mula sa mga salita at sermong sinabi at binigkas Niya, pero hindi pa rin nila ito matanggap, at nagduda pa rin sila sa puso nila: “Ganito ba talaga ang diyos? Napakadakila ng diyos na nasa langit, kaya kung naging tao siya at bumaba sa lupa, dapat ay mas dakila pa siya, hinahangaan ng lahat ng tao, nakikisalamuha sa mararangal na pamilya, mahusay magsalita, at hindi nagpapakita ng kahit isang pantaong kamalian o kahinaan. Bukod pa rito, dapat muna niyang gamitin ang kaalaman niya, ang pinag-aralan niya, at ang mga kasanayan niya para supilin ang mga kaparian sa templo. Dapat niya munang kunin ang loob ng mga taong ito; iyon ang magiging layunin ng diyos.” Tungkol naman sa ginawa ng Panginoong Jesus, hindi nila ito pinaniwalaan, ni ginusto nilang tanggapin o kilalanin ang katunayang ito. Hindi malaking isyu ang pag-ayaw nilang kilalanin ang katunayang ito; sa kaibuturan nila, mayroon pa silang taglay na mas nakamamatay: Kung ang gayong tao ay diyos, ibig sabihin lahat ng opisyal sa relihiyon ay puwedeng maging diyos, lahat sila ay mas katulad pa ng diyos kaysa sa Diyos Mismo, at mas kalipikado ang lahat na maging cristo kaysa sa Panginoong Jesus. Hindi ba’t nakakagulo ito? (Oo.) Habang kinokondena nila ang Panginoong Jesus, sinasalungat at hinahamak din nila ang bawat aspekto ng kondisyon na may kinalaman sa katawang-tao na pinili ng Diyos para sa Kanyang pagkakatawang-tao sa pagkakataong ito. Hindi pa natin natatalakay kung nasaan ba ang kabuktutan ng mga Pariseo—ituloy natin ang ating pagbabahaginan.

Nagiging tao ang Diyos bilang isang ordinaryong tao, na ibig sabihin ay nagpapakumbaba ang Diyos mula sa isang matayog na imahe, pagkakakilanlan, at posisyon sa ibabaw ng lahat ng bagay para maging isang lubos na ordinaryong tao. Kapag Siya ay nagiging isang ordinaryong tao, hindi Niya pinipiling ipanganak sa isang kilala at mayamang pamilya; ang kondisyon ng kapanganakan Niya ay napakapangkaraniwan, hamak pa nga. Kung titingnan natin ang usaping ito mula sa perspektiba ng isang ordinaryong tao, ng isang taong may konsensiya, pagkamakatwiran, at pagkatao, ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay karapat-dapat sa paggalang at pagmamahal ng mga tao. Paano ito dapat tratuhin ng mga tao? (Nang may paggalang.) Dapat purihin ng isang ordinaryo

at normal na taong sumusunod sa Diyos ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos dahil sa katunayan na nagpapakumbaba ang Diyos mula sa isang matayog na katayuan patungo sa isang napakakaraniwang tao—ang pagpapakumbaba at pagiging tago ng Diyos ay sobrang kaibig-ibig! Ito ay isang bagay na hindi makakamit ng sinumang tiwaling tao ni ng mga diyablo at Satanas. Positibo o negatibong bagay ba ito? (Positibong bagay.) Ano ang eksaktong inilalarawan ng positibong bagay na ito, ng pangyayaring ito, at ng katunayang ito? Ang pagpapakumbaba at pagiging tago ng Diyos, ang pagiging kaibig-ibig at kamahal-mahal ng Diyos. Ang isa pang katunayan ay na minamahal ng Diyos ang mga tao; tunay ang pagmamahal ng Diyos, hindi ito huwad. Ang pagmamahal ng Diyos ay hindi isang hungkag na pananalita, hindi isang islogan, ni isang ilusyon, kundi ito ay tunay at totoo. Ang Diyos Mismo ay nagiging tao at nagtitiis ng mga maling pagkaunawa ng mga tao, pati na rin ng panunuya, paninirang-puri, at panlalapastangan nila. Siya ay nagpapakumbaba at nagiging isang ordinaryong tao, hindi mukhang matayog, walang espesyal na talento at siguradong walang malalim na kaalaman o pinag-aralan—para sa anong layunin? Ito ay para lapitan ang mga taong Kanyang hinirang at nilalayong iligtas nang may ganitong pagkakakilanlan at anyo ng isang tao na pinakamadaling malalapitan nila. Hindi ba’t ang lahat ng ito na ginawa ng Diyos ay bumubuo sa halagang ibinayad Niya? (Oo.) May iba pa bang makakagawa nito? Walang sinumang makakagawa nito. Halimbawa, ang ilang babaeng gustong-gusto ang kagandahan ay palaging naglalagay ng makeup at hindi lumalabas kung wala nito. Kung sasabihin mo sa gayong babae na lumabas nang walang makeup o tumayo sa entablado nang hindi nagme-makeup, magagawa niya ba ito? Hindi niya kaya. Hindi pa nga siya nahamak sa ganitong kaso; ang lumabas lang nang walang makeup ay imposible na sa kanya, hindi niya nga kayang isuko ang kahit katiting na banidad na iyon, iyong kahit katiting na pakinabang ng laman. Kung gayon paano naman ang Diyos? Kapag nagpapakumbaba ang Diyos para ipanganak sa pinakamababa sa lipunan bilang isang napakaordinaryong tao, ano ang isinusuko Niya? Isinusuko Niya ang Kanyang dignidad. Bakit nagagawa ng Diyos na isuko ang dignidad Niya? (Para mahalin at iligtas ang mga tao.) Ito ay para mahalin at iligtas ang mga tao, na nagbubunyag ng disposisyon ng Diyos. Kung gayon, paano nasasangkot dito ang pagkawala ng dignidad? Paano dapat tingnan ang usaping ito? Sinasabi ng ilang tao, “Anong dignidad ang nawawala sa Diyos? Hindi ba’t taglay Mo pa rin ang pagkakakilanlan ng Diyos kahit na naging tao Ka? Hindi ba’t may mga tao pa ring sumusunod sa Iyo at nakikinig sa pangangaral Mo? Hindi ba’t ginagawa mo pa rin ang mismong gawain ng Diyos—anong dignidad ang nawala sa Iyo?” Itong “pagkawala ng dignidad” ay kinasasangkutan ng ilang aspekto. Sa isang banda, ang motibasyon ng Diyos sa paggawa ng lahat ng ito ay alang-alang sa mga tao, pero mauunawaan ba ito ng mga tao? Maski ang mga taong sumusunod sa Kanya ay hindi ito kayang maunawaan. Ano ang nilalaman ng kawalang ito ng pagkaunawa? May maling pagkakaunawa, maling pagpapakahulugan, at kakaibang tingin o mga nanghahamak na tingin mula sa ilang tao. Ang Diyos ay nasa espirituwal na mundo, nasa gitna ng lahat ng bagay, at ang

buong sangkatauhan ay nasa paanan ng Diyos, pero ngayong naging tao ang Diyos, katumbas ito ng pamumuhay Niya sa parehong kapaligiran kasama ng mga tao bilang kapantay nila. Kailangan Niyang harapin ang panunuya, paninirang-puri, maling pagkaunawa, at panlalait ng sangkatauhan, pati na rin ang mga kuru-kuro, poot, at panghuhusga nila—ito ang mga kailangan Niyang harapin. Habang kinakaharap Niya ang mga ito, sa tingin ba ninyo ay may dignidad Siya? Ayon sa pagkakakilanlan ng Diyos, hindi Niya dapat pagdusahan ang mga ito, hindi dapat tratuhin ng mga tao ang Diyos nang ganito, at hindi Niya dapat tiisin ang mga ito; ito ay hindi mga bagay na dapat tiisin ng Diyos, pero kapag nagiging tao ang Diyos kailangan Niyang tanggapin ang mga ito, kailangan Niyang tiisin ang lahat ng ito, at wala Siyang hindi pagdurusahan. Ang tiwaling sangkatauhan ay kayang magsabi ng maraming magandang pakinggang bagay sa Diyos na nasa langit, pero wala silang pagsasaalang-alang sa nagkatawang-taong Diyos. Iniisip nila, “Ang diyos ay naging tao? Napakaordinaryo at normal mo, walang kahit anong espesyal; para bang wala kang magagawang kahit ano para sa akin!” Ang lakas ng loob nilang magsabi ng kahit ano! Pagdating sa mapapakinabangan nila mismo o sa kanilang reputasyon, naglalakas-loob silang magsabi ng kahit anong panghuhusga o pagkondena. Kaya, kapag nagiging tao ang Diyos, kahit na mayroon Siya nitong katayuan at tinatamasa ang pagkakakilanlang ito kapag nakikisalamuha Siya sa mga tao at namumuhay kasama ng tiwaling sangkatauhan, kasabay nito ay talagang kailangan Niyang tiisin ang lahat ng uri ng panghahamak na hatid sa Kanya ng Kanyang pagkakakilanlan. Ganap Siyang nawawalan ng dignidad—ito ang unang bagay na kailangang tiisin ng Diyos, ang pagharap sa lahat ng kalituhan, maling pagkaunawa, pagdududa, pagsubok, pagrerebelde, panghuhusga, pandaraya, atbp., na ikinikilos sa Kanya ng tiwaling sangkatauhan. Kailangan Niyang pagtiisan ang lahat ng ito—iyon ang pagkawala ng dignidad Niya. Ano pa? Sa diwa ay walang pagkakaiba ang pagkakatawang tao at ang Espiritu—tama ba ito? (Oo.) Walang pagkakaiba sa diwa, pero may isang aspekto: Hindi kailanman mapapalitan ng katawang-tao ang Espiritu. Ibig sabihin, ang katawang-tao ay nalilimitahan sa marami Niyang kakayahan. Halimbawa, kayang maglakbay ng Espiritu sa espasyo, hindi ito naaapektuhan ng oras, ng klima, o ng iba’t ibang kapaligiran, at ito ay nasa lahat ng dako, samantalang ang katawang-tao ay nasa ilalim ng mga limitasyong ito. Anong kawalan ang nangyari sa dignidad ng Diyos? Ano ang mahirap sa usaping ito? Ang Diyos Mismo ay may ganitong abilidad, pero dahil nalilimitahan Siya ng katawang-tao, sa panahon ng Kanyang gawain, kailangan Niyang panatilihin ang gawain ng katawang-tao nang tapat, tahimik at masunurin hanggang sa matapos ang gawain. Sa panahong gumagawa ang Diyos sa katawang-tao, ang kayang makita ng mga tao sa Diyos, at ang kaya nilang maarok sa Kanya sa mga kuru-kuro nila, ay ang katawang-taong ito na kayang makita ng mga mata nila. Kaya, sa mga imahinasyon at kuru-kuro nila, hindi ba’t nasa ilalim ng ilang limitasyon ang kadakilaan, pagkamakapangyarihan-sa-lahat, karunungan, at maging awtoridad ng Diyos? (Oo.) Sa malaking antas, ang mga bagay na iyon ay nasa ilalim ng ilang limitasyon. Ano ang nagdudulot ng mga limitasyong ito?

(Ang pagiging katawang-tao.) Ang mga limitasyong ito ay dulot ng pagiging katawang-tao Niya. Masasabing ang pagiging katawang-tao ay nagdudulot ng isang uri ng abala sa Diyos Mismo. Siyempre, ang salitang “abala” ay medyo hindi saktong gamitin dito, pero angkop namang sabihin ito sa ganitong paraan—sa ganitong paraan lang ito puwedeng sabihin. Ang abala bang ito ay may epekto sa pagkaunawa ng mga tao sa Diyos at sa tunay na pakikipag-ugnayan at pakikisalamuha ng mga tao sa Diyos para mahalin ang Diyos at magpasakop sa Kanya? (Mayroon.) Mayroon talaga itong epekto. Basta’t nakita ng isang tao ang katawang-tao ng Diyos, basta’t may mga pakikitungo sila sa katawang-tao ng Diyos, basta’t narinig nila na nagsalita ang katawang-tao ng Diyos, posible na sa buhay nila, ang wangis ng Diyos, ang karunungan ng Diyos, ang diwa ng Diyos at ang disposisyon ng Diyos ay mananatili magpakailanman sa kung ano ang nakikilala, nakikita, at nauunawaan nila sa katawang-taong ito. Hindi ito patas sa Diyos. Hindi ba’t ganito ang kaso? (Oo, ganito nga.) Hindi ito patas sa Diyos. Kung gayon, bakit ito ginagawa pa rin ng Diyos? Dahil sa pamamagitan lamang ng pagiging tao ng Diyos makakamit ang pinakamagagandang resulta ng pagdadalisay at pagliligtas ng Diyos sa mga tao—pinipili ng Diyos ang landas na ito. Nagiging tao ang Diyos at namumuhay Siya nang harapan kasama ng mga tao, hinahayaan ang mga taong marinig ang mga salita Niya, makita ang bawat galaw Niya, at makita ang disposisyon Niya, maging ang personalidad Niya, at ang mga kasiyahan at kalungkutan Niya. Kahit na ang disposisyong ito at ang mga kasiyahan at kalungkutang ito ay makabubuo ng mga kurukuro kapag nasaksihan ito ng mga tao, na nakakaapekto sa pagkaunawa ng mga tao sa diwa ng Diyos, at nakalilimita sa pagkaunawa ng mga tao, mas gugustuhin ng Diyos na mali Siyang maunawaan ng mga tao at pipiliin pa rin Niya ang pamamaraang ito para makamit ang pinakamagagandang resulta sa pagliligtas sa mga tao. Samakatwid, mula sa pananaw ng pagkaunawa ng mga tao sa orihinal na mukha ng Diyos, at sa tunay na pagkakakilanlan, katayuan, at diwa ng Diyos, isinakripisyo Niya ang Kanyang dignidad. Hindi ba’t puwedeng sabihin ito? Iyon ay mula sa pananaw na ito. Pagbulayan ninyo itong mabuti: Sa iba’t ibang aspekto na ibinayad at ginawa ng Diyos, ayon sa pagkaunawa ng mga tao, mayroon bang kahit na anong katumbas ng mga teorya at islogan ng mga Pariseo at anticristo? Wala. Halimbawa, noong sinabi ng mga Pariseo na, “Kagalang-galang ang diyos,” paano nila nauunawaan ang pagiging kagalang-galang na ito? Para sa kanila, paano dapat maisakatuparan ang pagiging kagalang-galang na ito ng Diyos? Iyon nga lang, matayog Siya. Hindi ba’t doktrina na “kagalang-galang ang diyos, sobrang kagalang-galang ang diyos”? (Oo.) Ano ang pinaniniwalaan nilang ang pagiging kagalang-galang ng Diyos? Ito ay iyong kapag pumunta ang Diyos sa mundo, magkakaroon Siya ng prominenteng posisyon, pinakamahusay na kaalaman at talento, pinakamahusay na abilidad, napakahusay na pananalita, at primera klase at napakagandang anyo. Ano ang pagiging kagalang-galang na pinaniniwalaan nila? Iyon ay kung ano ang nakikita ng mga tao. Hindi ba’t ang ganitong uri ng pagiging kagalang-galang ay isang bagay na ginagawa ni Satanas? (Oo.) Hindi iyon ginagawa ng Diyos! Tingnan ninyo kung anong

uri ng mga tao ang pinili ng Diyos para sa mga hinirang na taong ito ng Diyos, at tingnan ninyo kung anong uri ng mga tao ang mga namumukod-tanging piling tao sa mundo ni Satanas. Sa pagkukumpara sa mga iyon sa ganitong paraan, malalaman mo kung anong klaseng tao ang inililigtas ng Diyos at kung anong klaseng tao ang hindi maliligtas. Ang mga labis na mapagmataas, nag-aakalang mas matuwid kaysa sa iba, may kaloob at may talento ang pinakamalamang na hindi tatanggap sa katotohanan. Ang pananalita nila ay puno ng kaalaman, sobrang mahusay magsalita, at nakakapag-udyok sa mga taong sambahin at hangaan sila, pero ang nakapagpapabagsak na kahinaan nila ay ang hindi pagtanggap sa katotohanan, at tutol sila sa katotohanan at kinamumuhian nila ito, na nagdedeterminang tatahakin nila ang landas ng pagkalipol. Pero, wala sa mga hinirang na tao ng Diyos ang may kahit anong mga espesyal na kaloob o talento, pero kaya nilang tanggapin ang katotohanan, magpasakop sa Diyos, talikuran ang kanilang katanyagan, kapakinabangan, at katayuan para sumunod sa Diyos, at handa silang gawin ang kanilang tungkulin. Ito ang mga klase ng taong inililigtas ng Diyos. Sino ang sinasamba ng mga walang pananampalataya? Sinasamba nilang lahat ang mga intelektuwal na matataas ang antas at ang mga taong may prominenteng katayuan ang pamilya. Pagdating naman sa mga kaloob, espesyalidad, at katayuan ng pamilya, wala tayong kahit ano sa mga ito—pare-pareho tayo. Ano ang tingin ninyo rito? Hindi ginagawa ng Diyos ang mga gayong bagay—ganoon ba iyon kasimple? Bakit hindi ito ang isinaayos ng Diyos? Ang layunin ng Diyos ay narito. Pawang napakadali para sa Diyos na isaayos kung sa anong pamilya isisilang ang isang tao, at kung anong kaalaman ang matututuhan nito. Kaya bang kumilos ng Diyos sa ganitong paraan? (Oo.) Talagang kaya Niya! Kung gayon bakit hindi isaayos ng Diyos na ipanganak tayo sa mayayaman at prominenteng pamilya? Ito ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos, ito ang pagbubunyag ng diwa ng Diyos, at ang mga nakakaunawa lamang sa katotohanan ang makakakilatis sa bagay na ito. Pagkatapos maging tao ng Diyos, gaano man katindi ang mga kuru-kuro ng mga tao, gaano man katindi ang mga hrap na nakakaharap ng Diyos sa Kanyang gawain, gaano man kalaking mga hadlang ang kinakaharap Niya, gaano man katindi ang panunuya at paninirang-puri na natatanggap Niya, at gaano man sa Kanyang dignidad ang mawala pagkatapos Niyang maging tao sa ganitong paraan, nag-aalala ba Siya? Wala Siyang pakialam. Kung gayon, ano ang inaalala Niya? Kung mauunawaan ninyo ang puntong ito, ibig sabihin ay talagang alam ninyo na ang Diyos ay kaibig-ibig. Ano ang inaalala ng Diyos? Ano ang masinsinang layunin ng Diyos sa pagbabayad ng ganitong halaga at pagsasagawa ng gayon katinding pagsisikap? Para saan Niya ito mismo ginawa? (Para ang grupong ito na hinirang ng Diyos ay mas mabuting maunawaan ang Diyos, magkaroon ng mas maayos na ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ng Kanyang katawang-tao, at pagkatapos ay magkaroon ng totoong pagkaunawa sa Diyos.) Magkaroon ng pagkaunawa sa Diyos—kung gayon, kapaki-pakinabang pa rin ba ito sa Diyos? Nagbayad ba ng malaking halaga ang Diyos para sa nag-iisang layong ito? Oo o hindi? Masinsinan bang gumawa ang Diyos sa loob ng 6,000 taon para lang maunawaan ng mga tao ang Diyos?

Sabihin ninyo sa Akin, pagkatapos likhain ng Diyos ang mga tao, pagkatapos lumayo ng sangkatauhan sa Diyos at sumunod kay Satanas, at nagsimulang gugulin ng bawat tao ang buhay niya gaya ng isang buhay na demonyo—sino ba ang pinakamasaya? (Si Satanas.) Sino ang biktima? (Ang mga tao.) Sino naman ang pinakamalungkot? (Ang Diyos.) Kayo ba ang pinakamalungkot? (Hindi.) Sa realidad, walang nakakakilatis sa mga ito. Walang nakakaalam mismo sa mga bagay na ito: Tinatanggap nila kung maging anuman sila. Kapag sinabi mo sa kanilang isagawa ang katotohanan, hindi nila iniisip na makakabuti ito. Patuloy silang namumuhay ayon sa kanilang mga kuru-kuro at imahinasyon, at noon pa man ay palagi na silang naghihimagsik laban sa Diyos. Sa katunayan, ang pinakamalungkot at ang pinakasugatan ang puso ay ang Diyos. Nilikha ng Diyos ang sangkatauhan; sa tingin ba ninyo ay inaalala ng Diyos ang agarang lagay ng pag-iral ng tao, o kung maayos ba o hindi ang buhay nila? (Nagmamalasakit Siya.) Ang Diyos ang pinakanag-aalala, at siguro hindi ito nararamdaman ng mga taong sangkot, at sa katunayan ay hindi nila ito mismo nauunawaan. Sa pamumuhay sa mundong ito, ganito na ang sangkatauhan isang daang taon na ang nakalilipas, at ngayon ganoon pa rin ito, dumarami bawat henerasyon, at namumuhay nang ganito sa bawat henerasyon, ang ilang tao ay maayos, ang ilan ay mahirap—maalon ang buhay. Sa bawat henerasyon ay dumarating ang mga tao, nagsusuot ng iba't ibang pananamit, kumakain ng parehong pagkain, pero ang estruktura at sistema ng lipunan ay nagbabago nang paunti-unti; hindi namamalayan ng mga tao na nakarating na sila sa kasalukuyan—namamalayan ba nila? Hindi nila namamalayan. Kung gayon, sino ang may pinakamalaking kamalayan? (Ang Diyos.) Ang Diyos ang pinakanag-aalala sa usaping ito. Ang isa sa mga bagay na hindi kinakalimutan ng Diyos ay kung paano nabubuhay ang mga taong nilikha Niya, kung ano ang kasalukuyang kalagayan ng buhay ng mga tao, kung maayos ba silang nabubuhay, kung ano ang kinakain at isinusuot ng mga tao, kung ano ang magiging kinabukasan nila, at kung ano ang iniisip ng mga tao sa puso nila araw-araw. Kung ang tanging iniisip ng mga tao araw-araw ay kasamaan, tungkol lang sa kung paano magbago at sumalungat sa mga batas ng kalikasan, kung paano lumaban sa Langit, kung paano sumunod sa masamang kalakaran ng mundo, tinitingnan ba ito ng Diyos at natutuwa rito? (Hindi, hindi Siya natutuwa.) Kung gayon, hindi natutuwa ang Diyos at ganoon na lang ba iyon? Wala ba Siyang gagawin doon? (Oo, mayroon Siyang gagawin.) Kailangan Niyang humanap ng paraan para mabuhay nang maayos ang mga taong ito, para ipaunawa sa kanila ang mga prinsipyo ng pag-asal ng sarili, para ipaalam sa kanilang sambahin ang Diyos, at magpasakop sa lahat ng batas ng kalikasan, sa pamamatnugot at pagsasaayos ng Diyos, para magawang mamuhay ng mga tao nang may wangis ng tao, at gumaan ang pakiramdam ng Diyos. Kahit na iwan pa ng Diyos ang mga taong ito, makakapamuhay pa rin sila nang normal sa gayong kapaligiran, nang walang kahit anong pinagdurusahan mula kay Satanas—ito ang layunin ng Diyos. Kapag nakikita ni Satanas na kaya ng mga tao na magpasakop sa Diyos at magsabuhay ng wangis ng tao, ganap itong napapahiya at nabibigo, kaya lubusan nitong inaabandona ang mga taong ito at hindi na sila

kailanman muling papansinin pa. Sino ba ang pinagtutuunan ni Satanas? Pinagtutuunan lamang nito ang mga nananampalataya sa Diyos pero hindi naghahangad ng katotohanan, ang mga hindi nagbabasa ng mga salita ng Diyos at hindi nananalangin sa Diyos, ang mga hindi buong pusong ginagawa ang kanilang tungkulin, at ang mga gusto palaging makahanap ng mapapangasawa, magsimula ng pamilya, at magtayo ng propesyon. Gustong akitin ni Satanas ang mga taong ito, para iligaw ang mga ito hanggang sa lumayo sila sa Diyos, hindi gawin ang kanilang tungkulin, at ipagkanulo ang Diyos, hanggang sa sila ay itiwag Niya—kapag nagkagayon ay labis na matutuwa si Satanas. Habang mas lalo mong hindi hinahangad ang katotohanan, mas sumasaya ito, habang mas hinahangad mo ang katanyagan, pakinabang, at katayuan, at mas pabaya ka sa paggawa ng iyong tungkulin, mas sumasaya si Satanas. Kung lalayuan at ipagkakanulo mo ang Diyos, mas lalo pang sumasaya si Satanas—hindi ba’t ganito ang mentalidad ni Satanas? Hindi ba’t ganito ang mentalidad ng mga anticristo? Ang mga kauri ni Satanas ay pawang may ganitong mentalidad. Gusto nilang akitin ang sinumang nakikita nilang hindi taimtim na nananampalataya sa Diyos, ang sinumang nagbibigay-pansin sa pagkatuto ng kaalaman at paghahangad ng katanyagan, pakinabang, at katayuan, at ang sinumang hindi nag-aasikaso sa nauukol niyang gampanin kapag gumagawa siya ng kanyang tungkulin. Kapag nakakatagpo sila ng ganitong tao, kapareho nila ito ng lengguwahe, marami silang naibabahagi kapag magkakasama sila, at malaya nilang nasasabi ang nasa mga isip nila, nang walang pag-aalinlangan. Ano ang nararamdaman ng Diyos kapag nakikita Niya ang mga taong ito na hindi hinahangad ang katotohanan? Nababalisa Siya! Samakatwid, ano ang nagdulot sa Diyos na magbayad ng lahat ng halagang ito? Ito ay dahil sa Kanyang pagmamalasakit, pagkalinga, at pag-aalala para sa sangkatauhan. Dinadala ng Diyos sa Kanyang puso ang mga pagmamalasakit, pagkalinga, at pag-aalalang ito sa mga tao, at dahil taglay ng Diyos ang gayong saloobin sa tao, pagkatapos nito ay nabubuo nang paisa-isang hakbang ang gawain Niya. Kung ang tingin ng mga tao sa Diyos ay mapagpakumbaba at tago man o hindi, talagang minamahal man ang mga tao o hindi, tapat man o hindi, o dakila man o hindi, naniniwala ang Diyos na sulit ang lahat ng halagang ito at puwedeng magantimpalaan. Ano ang ibig sabihin ng gantimpalang ito? Ibig sabihin nito ay na ang mga bagay na inaalala Niya sa Kanyang puso ay hindi na muling mangyayari, at ang mga taong pinagmamalasakitan Niya sa Kanyang puso ay makapamumuhay na ayon sa Kanyang mga layunin, ayon sa Kanyang daan at direksiyong itinuro at iginabay Niya sa mga tao, at ang mga taong ito ay hindi na magagawang tiwali ni Satanas—hindi na sila mamumuhay sa pagdurusa, at maglalaho na ang mga pag-aalala ng Diyos at gagaan na ang pakiramdam ng Diyos. Kaya, pagdating sa lahat ng ginawa ng Diyos—anuman ang pangunahing motibasyon Niya, gaano man kalaki o kaliit ang plano Niya—hindi ba’t positibong bagay ang lahat ng ito? (Oo, positibong bagay nga.) Ang mga ito ay positibong bagay lahat. Kapansin-pansin man o hindi sa mga tao ang paraan ng paggawa ng Diyos, kabanggit-banggit man ito o hindi, paano man husgahan ng mga tao ang paraan ng paggawa ng Diyos

para hatulan at iligtas ang mga tao, kung huhusgahan mula sa lahat ng bagay na ginawa ng Diyos at sa halagang ibinayad Niya, hindi ba't karapat-dapat ang Diyos sa papuri? (Oo, karapat-dapat Siya.) Kung gayon, dakila ba o maliit ang Diyos? (Siya ay dakila.) Napakadakila! Walang sinuman sa sangkatauhan ang makakapagbayad ng ganoong halaga. Sinasabi ng ilang tao na "Ang pagmamahal ng isang ina ang pinakadakila sa sangkatauhan." Ang pagmamahal ba ng isang ina ay kasingdakila nito? Sa pangkalahatan, pagkatapos mamuhay ng mga anak nang sila lang, hindi na sila pinagkakaabalahan ng mga nanay nila hangga't nakakaraos sila. Sa katunayan, hindi puwedeng pagkaabalahan ng mga ina ang mga anak nila kahit gustuhin man nila. Kung gayon paano tinatrato ng Diyos ang sangkatauhang ito? Ilang libong taon na ba Niyang tinitii ito? Tiniis na ito ng Diyos sa loob ng anim na libong taon at hindi pa Siya sumusuko hanggang ngayon. Dahil lang sa katiting na pag-aalala at pagmamalasakit, nagbayad ang Diyos ng gayon kalaking halaga. Ano ba ang tingin ng mga Pariseo at mga anticristo sa gayon kalaking halaga? Kinondena nila ito, hinusgahan nila ito, nilapastangan pa nga nila ito. Mula sa pananaw na ito, hindi ba't buktot ang kalikasan ng mga anticristong iyon? (Oo, ganoon sila.) Gumawa na ang Diyos ng mga napakakapuri-puring bagay, at ang diwa ng Diyos at ang mga tinataglay ng Diyos at ang Kanyang pagiging Diyos ay labis na karapat-dapat sa papuri ng mga tao. Bukod sa hindi nila pinupuri ang Diyos, gumamit pa sila ng iba't ibang pagdadahilan at teorya para kondenahin at husgahan Siya, at tinanggihan pa nga nilang kilalaning Siya ang Cristo. Hindi ba't kamuhi-muhi ang mga taong ito? (Oo, kamuhi-muhi sila.) Hindi ba't buktot sila? Kung huhusgahan ang buktot na pag-uugali nila, hindi ba't sinasamba nila ang kaalaman at pag-aaral? Hindi ba't sinasamba nila ang kapangyarihan at katayuan? (Oo, sinasamba nila.) Kapag mas positibo ang isang bagay, at kapag mas karapat-dapat ito sa papuri, pag-alala, at pamamahagi ng mga tao, mas lalo itong kondenahin ng mga anticristo. Ito ay isang pagbubunyag sa buktot na kalikasan ng mga anticristo. Kailangang sabihin na ang antas ng kabuktutan ng mga anticristo ay lagpas pa sa maraming tao na may mga tiwaling disposisyon.

Magpatuloy tayo sa pagtalakay tungkol kay Pablo. Sa anong klaseng pamilya isinilang si Pablo? Isinilang siya sa isang intelektuwal na pamilya, isang pamilyang may kaalaman. Isinilang siya sa gayong pamilya, at maituturing na mabuti ang kondisyon ng kanyang kapanganakan. Mataas ang pinag-aralan niya. Ayon sa mga kasalukuyang pamantayan, maaaring siya ang klase ng tao na pag-aaralan ang teolohiya o mag-aaral sa unibersidad. Kung ganoon, ang kaalaman at pinag-aralan ba niya ay mas mataas kaysa sa karamihan ng tao? (Oo.) Kung huhusgahan ang kaalaman at pinag-aralan ni Pablo, magiging madali ba sa kanya na makilala na ang Panginoong Jesus ay ang Cristo? (Oo.) Napakadali lang niyon. Pero bakit hindi niya kinilala ang Panginoong Jesus bilang ang Cristo? (Sinamba niya ang kaalaman at nadama niyang mas kaunti ang nalalaman ng Panginoong Jesus kaysa sa kanya, kaya hindi niya kinilala ang Panginoong Jesus.) Masyadong simpleng sabihin iyan. Kung mas kaunti ang nalalaman ng Panginoong Jesus kaysa sa kanya, hindi niya Siya magagawang kilalanin. Kung talagang may kaalaman

ang Panginoong Jesus, baka makilala Siya ni Pablo. Ito ay bahagyang lohikal na paghihinuha. Ngayon, sinasabi lang natin na sinasamba ng mga anticristo ang kaalaman; na ibig sabihin, kapag nakikinig sila sa mga tao at hinaharap nila ang mga tao at usapin, mayroon silang pananaw na nagagawa ang iba na makitang sinasamba nila ang kaalaman at pinag-aralan. Halimbawa, kung ang mga salita mo ay napakalohikal, mataas ang antas, matalino, di-maarok, at abstrak, ito mismo ang gusto niya. Ang abstrak at naaayon sa lohika, pilosopiya, at maging sa isang partikular na pinag-aralan—ito mismo ang gusto niya. Ang Panginoong Jesus ay ang pagkakatawang-tao ng Diyos, at ang lahat ng sinasabi Niya ay mga salita ng Diyos at mga katotohanan. Kaya, kapag tiningnan ng mga taong may kaalaman at pinag-aralan ang mga salita at katotohanang ito, ano ang tingin nila rito? “Masyadong karaniwan at mababaw ang mga salitang sinasabi mo. Lahat ng iyon ay walang kuwentang bagay tungkol sa pananampalataya sa diyos. Hindi malalim ni di-maarok ang mga iyon. Walang mga hiwaga. Pero sinasabi mong mga katotohanan iyon. Ano ba ang napakataas sa katotohanan? Kaya ko ring sabihin ang mga ito!” Hindi ba’t ito ang pinaniniwalaan ng mga anticristo? (Oo.) Tinitimbang nila ito nang ganito, iniisip nilang, “Tingnan natin kung ang mga bagay na sinasabi mo ay mas mataas ba o mas mababa kaysa sa kaalaman ko.” Pagkarinig nila sa mga iyon, hinahamon nila ang mga iyon, sinasabing, “Para kang estudyante sa elementarya. Nasa kolehiyo na ako, kaya hindi kita kasinggaling!” Pagkatapos ay humahanap sila ng kamalian sa mga salita ng Diyos, sinasabing, “Parang hindi mo naiintindihan ang gramatika, at minsan ang mga salitang ginagamit mo habang nagsasalita ka ay hindi wasto. Parang hindi ka diyos.” Tinitingnan nila ang anyo Niya para makita kung Siya ba ang Diyos o hindi; hindi sila nakikinig sa nilalaman ng mga salita Niya, hindi sila nakikinig kung katotohanan ba ang ipinapahayag Niya, o kung ang mga salita ba ay galing sa Diyos. Hindi ba’t kawalan ito ng espirituwal na pang-unawa? (Oo, kawalan ito.) Kaya, may isa pang katangian ang mga anticristo: Wala silang espirituwal na pang-unawa. Dahil pinahahalagahan nila ang kaalaman at pinag-aralan, hindi nila nauunawaan ang katotohanan. Hindi nila kailanman mauunawaan ang katotohanan. Ang mga taong ito ay nakatak dang maging ang mga klase ng taong walang espirituwal na pang-unawa. Ginagamit nila ang kaalaman nila para timbangin ang bawat pangungusap na binibigkas ng Diyos. Kaya ba nilang maunawaan ang katotohanan? Kaya ba nilang malaman na ito ang katotohanan? Makararating ba sila sa wakas sa isang kongklusyon at masasabing ang lahat ng salitang sinabi ng Diyos ay ang katotohanan? Makikilala ba nila ito? Hindi nila ito makikilala. Kung gayon, sa mga mata nila, paano nila nakikita ang nagkatawang-taong Diyos? Iniisip nila, “Paano ko man ito tingnan, siya ay isang tao. Paano ko man ito tingnan, hindi ko makita ang kalidad ng diyos. Paano man ako makinig, hindi ko masabi kung alin sa mga salita niya ang naaayon sa katotohanan at kung alin sa mga iyon ang katotohanan.” Kaya, sa kaibuturan ng puso nila, iniisip nila: “Kung mayroon kang isang bagay na bago at sariwa, at makapagkakamit ako ng ilang teorya at makakakuha ako ng kaunting kapital mula sa iyo, susundan kita sa ngayon at tingnan natin kung ano ang magiging resulta.” Pero matatanggap ba nila ang

Panginoong Jesus mula sa kaibuturan ng puso nila? (Hindi, hindi nila kaya.) Siguradong hindi nila Siya matatanggap. Bakit hindi nila Siya tinatanggap? Ano ang dahilan nito? Iyon ay dahil masyado nilang gusto ang kaalaman. Ang gusto nila at ang kaalamang naisangkap at natutuhan nila ay binulag ang mga mata at kaisipan nila, na humahadlang sa kanilang makita ang lahat ng ginawa ng Diyos. Kahit na kitang-kita namang katotohanan ang sinasabi ng Diyos, kahit na malinaw na ipinapahayag ng gawaing nagawa ng Diyos ang pagkakakilanlan at diwa ng Diyos, hindi nila ito makita. Bakit hindi nila ito makita? Dahil ang kaalaman at natutuhan nila ay pinupuno sila ng mga kuru-kuro, imahinasyon, at paghusga sa Diyos. Sa huli, gaano man sila makinig sa mga sermon o makipag-ugnayan sa Diyos, hindi nila maunawaan ang sinasabi ng Diyos, lalo na ang matanggap na kayang baguhin ng sinabi ng taong ito ang mga tao o na ito ang katotohanan, ang daan, at ang buhay. Ito ay isang bagay na kailanman ay hindi nila matatanggap. Hindi nila ito kailanman matatanggap, na nagtatakda sa kanilang hindi maligtas, gaya ni Pablo. Inamin ba ni Pablo na ang Panginoong Jesus ay ang Cristo? Hindi niya ito inamin hanggang sa huli. Sinasabi ng ilang tao: “Hindi ba’t tumawag siya sa Panginoon nang pinabagsak siya sa daan papuntang Damasco? Siguro ay umamin siya. Paano masasabing hindi siya umamin?” May isang katunayang nagpapatibay na hindi kailanman kinilala ni Pablo ang Panginoong Jesucristo bilang ang kanyang Tagapagligtas. Iyon ay, kahit na pinabagsak siya, hinangad pa rin niyang subukang maging Cristo. Ang mga tao ba ay puwedeng maging Cristo na lang basta-basta? Si Cristo ay ang Diyos na nagkatawang-tao. Siya ay Diyos at walang sinuman ang puwedeng maging Siya dahil gusto lang nila. Sino ba ang ayaw maging Cristo, pero iyon ba ay isang bagay na puwedeng gawin ng mga tao? Hindi ito usapin ng kagustuhan ng mga taong gawin ito. Ginusto pa nga ni Pablo na maging Cristo. Kung titingnan ang paghahangad ni Pablo, kaya ba niyang makilala na ang Panginoong Jesus ay ang Cristo at ang Panginoon? (Hindi, hindi niya kaya.) Kung gayon, saan niya ipinosisyon ang pagkakakilanlan at katayuan ng Panginoong Jesus? Bilang ang Anak ng Diyos. Ano ang Anak ng Diyos? Iyon ay, “Hindi ka diyos, ikaw ay ang anak ng diyos, mas mababa ka kaysa sa diyos, ikaw ay katulad namin; kami ay mga anak ng diyos, at ikaw ay anak din ng diyos, pero binigyan ka ng diyos ng ibang atas at gumawa ka ng ibang gawain. Kung ibibigay sa akin ng diyos ang trabahong ito, kaya ko rin itong gawin at pasanin.” Hindi ba’t ang ibig sabihin nito ay hindi kinikilala ni Pablo ang katunayan na ang Panginoong Jesucristo ay ang Diyos? (Oo, ganoon nga.) Naniwala siya na ang diyos ng kanyang pananalig ay nasa langit, na ang Cristong ito ay hindi ang diyos, at na ang pagkakakilanlan at katayuan ng diyos ay walang kinalaman sa Cristong ito. Paano nabuo ang pagkaunawa at saloobin niya sa Panginoong Jesus? Nahinuha iyon mula sa kaalaman at mga imahinasyon niya. Paano niya nahinuha ang mga iyon? Saang pangungusap niya nakita ang mga iyon? Sinabi ng Panginoong Jesus, “Ang Ama Ko ay ganito at ganyan,” at “Ginagawa Ko ang ganito at ganyan sa pamamagitan ng Aking Ama na nasa langit,” at narinig niya ito at naisip na, “Tinatawag mo ring diyos ang diyos? Tinatawag mo ring ama ang diyos na nasa langit? Kung ganoon, ikaw ay anak

ng diyos?” Hindi ba’t imahinasyon ito ng utak ng tao? Ito ay kongklusyong binuo ng mga taong may kaalaman: “Kung tinatawag mong ama ang diyos na nasa langit, at tinatawag din namin siyang ama, ibig sabihin magkakapatid tayo. Ikaw ang panganay na anak, kami ang ikalawang mga anak, at ang diyos na nasa langit ay ang diyos nating lahat. Kaya, hindi ikaw ang diyos, at magkakapantay tayong lahat. Samakatwid, hindi ang panginoong Jesucristo ang huling nagpapasya kung sino ang gagantimpalaan, kung sino ang parurusahan, at kung ano ang kalalabasan nila—ito ang diyos na nasa langit.” Ang mga kongklusyon at kakatwang pananaw na ito ni Pablo ay lahat natamo sa paggamit ng isip niya para humusga at sumuri pagkatapos pag-aralan ang teolohiya at kaalaman. Ito ang resulta.

Itinuring ni Pablo ang kaalaman bilang kanyang makakapitan upang maligtas ang kanyang buhay, bilang kanyang kapital, at lalo pa bilang layon ng paghahangad niya. Kung hindi sinamba ni Pablo ang kaalaman, at sa halip ay kaya niyang bitiwang ang kaalamang natutuhan niya dati, kung itinuring niya ang Panginoong Jesus bilang ang Panginoon, bilang ang Siyang maaaring sundan, ang Siyang makakapagpahayag ng katotohanan, at kung itinuring niya ang mga salita ng Panginoong Jesus bilang ang katotohanang dapat sundin at isagawa—iba sana ang naging resulta. Sa isang banda, nagawang itatwa ni Pedro nang tatlong beses ang Panginoon dahil takot siya, at sa kabilang banda, nakita niya ang Panginoong Jesus bilang isang ordinaryong tao na inaresto at nagdurusa. May kahinaan sa puso ni Pedro—hindi iyon ang nakamamatay na kapintasan. Hindi rin isang nakamamatay na kapintasan na naitatwa niya nang sandali ang Panginoong Jesus. Hindi ito ang ebidensiya na tutukoy sa kalalabasan ng isang tao sa huli. Ano ba ang tumutukoy sa kalalabasan niya sa huli? Ito ay kung tinatrato ba niya ang mga salita ng Diyos bilang mga salita ng Diyos, kung kaya ba niyang tanggapin, sundin, at isagawa ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan. Sina Pablo at Pedro ay dalawang ganap na magkaibang halimbawa. Minsang naging mahina si Pedro, minsan niyang itinatwa ang Panginoon, at minsang pinagdudahan ang Panginoon, pero ang huling resulta ay ginawang perpekto si Pedro. Si Pablo ay gumawa para sa Panginoon at nagdusa sa loob ng maraming taon. Puwedeng makatwirang sabihin na nagawa sana niyang makatanggap ng korona, pero bakit nauwi siya sa pagtanggap ng parusa ng Diyos? Bakit magkaiba ang kinalabasan niya at ni Pedro? Nakadepende ito sa kalikasang diwa ng isang tao at sa landas na tinatahak niya. Ano ang kalikasang diwa ni Pablo? Sa pinakamababa ay may aytem na kabuktutan. May pagkahumaling siyang naghangad ng kaalaman at katayuan, hinangad niya ang mga gantimpala at isang korona, at nagpakaabala, gumawa, at nagbayad siya ng halaga para sa koronang iyon, nang hindi man lamang hinahangad ang katotohanan. Higit pa rito, sa kanyang paggawa, hindi siya kailanman nagpatotoo tungkol sa mga salita ng Panginoong Jesus, ni nagpatotoo na ang Panginoong Jesus ay ang Cristo, ang Diyos, o ang nagkatawang-taong Diyos, na kinakatawan ng Panginoong Jesus ang Diyos, at na ang lahat ng salitang sinasabi Niya ay mga salitang sinabi ng Diyos. Hindi maunawaan ni

Pablo ang mga ito. Kaya, ano ang landas na tinahak ni Pablo? May pagkasutil niyang hinangad ang kaalaman at teolohiya, nilabanan ang katotohanan, tinanggihang tanggapin ang katotohanan, at ginamit ang kanyang mga kaloob at kanyang kaalaman na gawin ang gawain para pamahalaan, panatilihin, at patatagin ang katayuan niya. Ano ang huling kinalabasan niya? Siguro ay hindi mo makita mula sa labas kung anong kaparusahan ang tinanggap niya bago siya mamatay, o kung mayroon ba siyang abnormal na pagpapamalas, pero ang huling kinalabasan niya ay naiiba kay Pedro. Saan nakadepende ang “pagkakaibang” ito? Ang isa ay sa kalikasang diwa ng isang tao, at ang isa pa ay sa landas na tinatahak niya. Pagdating sa saloobin ni Pablo at pananaw sa Panginoong Jesus, paano naiiba ang paglaban niya sa paglaban ng mga normal na tao? Gayundin, ano ang pagkakaiba sa pagitan ng pagtatwa at pagtanggap ni Pablo sa Panginoon, at pagtatwa ni Pedro sa pangalan ng Diyos at tatlong beses nitong hindi pagkilala sa Panginoon dahil sa kahinaan at takot? Ginamit ni Pablo ang kaalaman, pagkatuto, at ang mga kaloob niya para gawin ang kanyang gawain. Hindi niya man lang isinagawa ang katotohanan, ni sinundan ang daan ng Diyos. Samakatwid, makikita mo ba ang kahinaan niya sa panahong iginugol niya sa pagpapakaabala at paggawa, o sa mga sulat niya? Hindi mo makikita, hindi ba? Paulit-ulit niyang tinuruan ang mga tao kung ano ang gagawin at hinikayat ang mga tao na hangarin na magkamit ng mga gantimpala, korona, at magandang destinasyon. Wala siyang kaalamang batay sa karanasan o karanasan sa pagsasagawa sa katotohanan. Sa kabaligtaran, hindi magarbo ang mga kilos ni Pedro. Wala siyang malalalim na teorya o mga sulat na masyadong sikat. Mayroon siyang ilang praktikal na pagkaunawa at pagsasagawa sa katotohanan. Bagama’t nakaranas siya ng kahinaan at katiwalian sa buhay niya, pagkatapos ng maraming pagsubok, ang ugnayang nabuo niya sa Diyos ay ugnayan sa pagitan ng tao at Diyos, na ganap na naiiba sa kaso ni Pablo. Bagama’t gumawa si Pablo, walang kahit ano sa ginawa niya ang may kinalaman sa Diyos. Hindi siya nagpatotoo tungkol sa mga salita ng Diyos, sa Kanyang gawain, sa Kanyang pagmamahal, o Kanyang pagliligtas sa sangkatauhan, at lalong hindi tungkol sa mga layunin ng Diyos sa mga tao o sa mga hinihingi Niya. Madalas pa ngang sabihin ni Pablo sa mga tao na ang Panginoong Jesus ang Anak ng Diyos, na sa huli ay nagdulot sa mga tao na tingnan ang Diyos bilang isang Trinidad. Ang terminong “Trinidad” ay galing kay Pablo. Kung walang bagay gaya ng “Ama at Anak,” magkakaroon ba ng “Trinidad”? Hindi. Masyado lang “malawak” ang mga imahinasyon ng tao. Kung hindi mo maunawaan ang pagkakatawang-tao ng Diyos, huwag kang pikit-matang humusga o gumawa ng mga pikit-matang paghusga. Makinig ka lang sa mga salita ng Panginoong Jesus at tratuhin mo Siya bilang Diyos, bilang Diyos na nagpapakita sa katawang-tao at nagiging isang tao. Mas obhetibo na tratuhin ito nang ganito.

Noong unang patotohanan ang pagkakatawang-tao ng Diyos bilang babae sa yugtong ito ng Kanyang gawain, hindi ito matanggap ng maraming tao at hindi sila makausad mula rito. Nadama nila na “Ang mga salitang sinasabi ay pawang katotohanan, ang gawaing

ginagawa ay ang paghatol sa pamamagitan ng mga salita—ang mga ito ay tila gawain ng Diyos, at kaya kong aminin na ang taong ito ang nagkatawang-taong Diyos—hindi nga lang ganoon kadalang tanggapin ang kasariang ito.” Pero dahil ang mga salitang ito ay pawang katotohanan, atubili pa rin nila Siyang tinanggap, at iniisip nila sa puso nila na, “Susunod muna ako at titingnan ko kung Siya talaga ang Diyos”—maraming taong sumunod nang ganito. Ang paglikha ng Diyos sa sangkatauhan ay sa dalawang kasarian na lalaki at babae, at hindi eksepsiyon ang pagkakatawang-tao ng Diyos, lalaki ito o babae. Isang araw biglang may nagtanong sa Akin, “Paano mauunawaan na sa pagkakataong ito ay babae ang pagkakatawang-tao?” Sumagot Ako, “Ah, paano mo ba ito tinitingnan? Hindi kumikilos ang Diyos nang naaayon sa mga kuru-kuro ng mga tao: Kung sigurado kang ginagawa ito ng Diyos, hindi mo dapat saliksikin ang ginagawa ng Diyos, at kung hindi mo ito nauunawaan, maghintay ka dapat. Kung naghahanap ka at wala ka pa ring nakukuhang mga resulta, tingnan mo na lang kung kaya mo bang magpasakop. Kung kaya mong magpasakop, may katwiran ka, pero kung hindi ka makausad dahil dito at itinatatwa mo ang lahat ng ginawa ng Diyos, hindi ka makatwiran, hindi ka totoong mananampalataya sa Diyos. Sampung bagay ang ginagawa ng Diyos na sa pananaw mo ay tama at naaayon sa iyong mga kuru-kuro, pero kapag ang isang bagay ay hindi naaayon sa iyong mga kuru-kuro, ganap mong tinatanggi ang lahat ng sampung bagay—anong klaseng walang-kuwentang tao ito? Hindi ba’t ito ay isang diyablo?” Nang magbahagi Ako nang ganito, sinabi niya, “Oo, kung gayon dapat ko na itong tanggapin.” Pagkatapos Kong tapusin ang pakikipagbahaginan Ko, naunawaan at tinanggap niya ito agad—hindi ba’t mahusay ang kakayahan niya? Sabihin na nating ganoon nga. Nagpatuloy siya sa pagsasabing, “Nilikha ng diyos ang lalaki at babae, at noong unang naging tao ang diyos siya ay isang lalaki, ang anak na lalaki ng diyos. Sa pagkakataong ito naman ay naging tao siya bilang isang babae—hindi ba’t anak na babae iyon ng diyos? Sabihin mo sa akin kung tama ba ang pagkakaintindi ko. Kapag nagkakaanak ang mga tao, hinihiling nila na magkaroon sila ng isang anak na lalaki at isang babae—gusto rin ba ng diyos na magkaroon ng pareho nito?” Paano Ko siya dapat sinagot at pinaliwanagan tungkol sa usaping ito? Hindi ba’t dapat na seryosohin ang usaping ito? Hindi ba’t dapat itong iwasto? May problema ba sa sinasabi niya? May problema roon. Sinabi niyang, “May anak na lalaki ang diyos, ang panginoong Jesus, at sa pagkakataong ito, ang pagkakatawang-tao ay babae, kung gayon ito ay ang kanyang anak na babae. Kaya, ang diyos ay may anak na lalaki at anak na babae, mayroon siya ng pareho, kaya walang pangangailangan para sa banal na espiritu. May banal na ama, banal na anak na lalaki, at banal na anak na babae, ang Trinidad na ito—napakaakma at napakarangal nito! Kung walang anak na babae, hindi ito makokompleto.” Ano ang pakiramdam mo pagkatapos mong marinig iyon? Hindi mo alam kung matatawa ka ba o maiiyak. Sabihin mo sa Akin, hindi ba’t katatawanan ito? (Oo, ganoon nga.) May pagkakaiba ba sa pagkaunawa niya sa pagkakatawang-tao at iyong kay Pablo? (Wala.) Walang pagkakaiba. Kung palaging umaasa ang mga tao sa kanilang katusuhan, mga

imahinasyon, at mga kuru-kuro para gumawa ng mga hinuha at deduksiyon tungkol sa mga usapin ng pagkaunawa sa Diyos, lalo na sa pagharap sa mga usapin ng pagkakakilanlan at diwa ng Diyos, at ginagamit nila ang mga ito nang may mga partikular na pananaw, magsasanhi ito ng mga problema, at makakagawa sila ng mga kamalian at mahaharap sa mga isyu. Kung gayon, ano ang pinakaangkop na paraan para harapin ang usaping ito? Ang ilang bagay ay mas malalim at abstrak, hindi madaling maunawaan ng mga tao ang mga iyon, at hindi madaling makilatis ang diwa at pinakasanhi ng problemang ito; kung ang mga bagay na ito ay walang kinalaman sa katotohanan, o hindi nakakaapekto sa iyong paghahangad sa katotohanan, ano ang dapat mong gawin? Bitiwan mo muna ang mga ito. Ano ang silbi ng pananaliksik sa mga ito? Ang mga ito ay hindi para saliksikin mo. Ang kailangan mo lang gawin ay ang tumuon sa buhay pagpasok at maayos na gawin ang tungkulin mo. Isang araw, natural mong mauunawaan ang mga usaping ito. Sinasabi ng ilang tao na hindi nila kayang bitiwan ang mga ito at gusto nilang saliksikin ang mga ito, na magsasanhi ng mga problema. Hindi mo dapat saliksikin ang mga ito. Hindi dapat harapin ng mga tao ang mga usaping may kinalaman sa pagkakakilanlan ng Diyos, diwa ng Diyos, at katayuan ng Diyos nang may saloobin ng pananaliksik. Kung patuloy kang magsasaliksik, magsasanhi ito ng mga seryosong kahihinatnan. Sa mga seryosong kaso, lalapastanganin mo ang Diyos. Paano dapat harapin ng mga tao ang mga usaping may kinalaman sa pagkakakilanlan at diwa ng Diyos? Maging simple ka, at kahit pa hindi malinaw sa iyo ang usaping ito, isa lang ang sigurado: Kaya Niyang katawanin ang Diyos, Siya ang pagpapakita ng Diyos, ang ipinapahayag Niya ay ang katotohanan, ang dapat tanggapin ng mga tao ay ang katotohanan, at sapat nang matamo ang katotohanan.

Kung titingnan ang kalikasang diwa ng mga anticristo, ano ang pinakasinasamba nila? Ang matataas, hungkag, at abstrak na diumano ay mga teolohikal na teorya. Para sa kanila, napakahalaga ng mga teoryang ito. Masyado nilang pinahahalagahan at minamahal ang mga bagay na ito, at nag-iisip sila ng lahat ng klaseng paraan para makuha ang mga ito, para maging angat sa maraming tao. Isinasapuso nila ang mga ito at tinitingnan ang mga ito bilang kapital, bilang mga bagay na makatutulong para matupad nila ang mga pansariling layon nila sa buhay, nang hindi nalalaman na hindinhindi katotohanan ang mga ito. Pero gusto nilang sangkapan ang mga sarili nila ng mga teolohikal na teoryang ito, na kanilang mga nagiging pauna nang nabuong mga ideya, at itinuturing nila ang mga iyon na katotohanan. Ginagamit nila ang teolohikal na kaalamang ito para pag-aralan ang mga salita ng Diyos at ang mga katotohanang ipinapahayag ng Diyos. Kapag nakikita nilang ang mga salita ng Diyos at ang mga katotohanang ipinapahayag ng Diyos ay hindi umaayon sa mga teolohikal na teoryang isinusulong nila, hindi nila mapigilan ang sarili nilang husgahan at kondenahin ang mga salita ng Diyos. Wala silang takot sa puso nila, dahil naniniwala silang may biblikal silang batayan sa paggawa niyon. Kinokondena pa nga ng ilan sa kanila ang mga salita ng Diyos, sinasabing, “Masyadong paligoy-ligoy ang mga salita ng diyos. Ang ilan sa mga

iyon ay hindi lohikal, ang ilan ay hindi tama ang gramatika, at maging ang ilan sa mga bokabularyong ginagamit niya ay hindi gaanong akma.” Palagi lang silang nag-iisip, ginagamit ang kaalaman at pinag-aralan nila para suriin at pag-aralan ang mga salita ng Diyos. Marami sa kanila ay ginagamit pa nga ang mga imahinasyon at paghusga nila para hanapin, sa mga salita ng Diyos, kung paano binibigyang-kahulugan ng Diyos ang ilang tao o kung anong destinasyon ang ipinapasya Niya para sa ilang tao, at pagkatapos ay sinusuri at kinokondena nila ang mga iyon ayon sa kung ano ang sinasabi ng Bibliya, at sa gayon ay sinisimulan nilang itatwa ang mga salita ng Diyos. Habang sinusuri at kinokondena nila ang mga salita ng Diyos, may isang teribleng bagay ang nangyayari. Alam ba ninyo kung ano iyon? Kapag sinusuri at pinag-aaralan ng mga tao ang Diyos, at kapag umuusbong sa mga tao ang mentalidad ng pagkondena, itinatagay ng Banal na Espiritu ang mga taong ito at hindi gumagawa sa kanila. Hindi ba’t teribleng bagay ito? At alam ninyo kung ano ang ipinahihiwatig ng hindi paggawa ng Banal na Espiritu. Kapag hindi gumagawa ang Banal na Espiritu, nilalayuan Niya ang mga taong ito, na katumbas ng pag-abandona sa kanila. Sa ibang salita, hindi sila ililigtas ng Diyos. Kaya nating suriin ang dahilan. Saan ba galing ang mga teolohikal na teoryang ito na isinangkap nila sa sarili nila sa kalahati ng buhay nila? Sino ang kinakatawan ng mga iyon? Hindi malinaw sa puso nila ang tungkol dito. Ang totoo, ang mga ito ay hinding-hindi mula sa Diyos, ni dalisay na pagkaunawa ng mga tao. Ang mga ito ay mga nakalililang na pagpapakahulugan ng mga tao, at dahil doon, puwedeng sabihin ng isang tao na galing ang mga iyon kay Satanas at lubusang kumakatawan kay Satanas. Ano pa ang kasama sa teolohikal na kaalamang ito? Bukod sa mga nakalililang na pagpapakahulugan sa Bibliya, kasama rin dito ang lohika at pangangatwiran ng mga tao, ang mga kuru-kuro at imahinasyon ng mga tao, pati na rin ang mga karanasan, etika, moralidad, at pilosopikal na ideya ng mga tao. Kapag ginagamit nila ang mga ito para timbangin ang sinasabi ng Diyos at ang gawain Niya, halata namang kakampi sila ni Satanas sa pagtrato nila sa Diyos. Samakatwid, itinatago ng Diyos mula sa kanila ang Kanyang mukha, at inaabandona sila ng Banal na Espiritu. Naranasan na ba ninyo ito? Dati, tinalakay ng ilang tao ang mga karanasan nila tungkol dito, sinabing, “Noong nagsisimula pa lang akong manampalataya sa Diyos, masigasig akong pag-aralan ang Diyos; pinag-aralan ko kung ano ang sinasabi Niya, ang paggamit Niya ng salita, kung paano Niya tinatrato ang mga tao, kung kanino Siya mabuti, at kung anong uri ng tao ang gusto Niya o kinamumuhian Niya. Bilang resulta ng lahat ng pag-aaral na ito, naging madilim ang puso ko, hindi ko maramdaman ang Diyos sa mga panalangin ko, nawala na sa puso ko ang kalayaan at paglaya, at hindi ko na nadarama ang kapayapaan o kagalakan. Para bang may batong nakadagan sa puso ko.” Nakaranas na ba kayo ng ganoon? (Oo.) Ang mga taong palaging pinag-aaralan ang Diyos ay walang nakakamit na kaliwanagan o pagtanglaw mula sa Banal na Espiritu. Kahit ang pagbabasa sa mga salita ng Diyos ay hindi nagdadala ng anumang liwanag. Bihasa ang mga anticristo sa pag-aaral sa Diyos, pero hinding-hindi naman nila tinatanggap ang katotohanan. Sa iglesia ay wala silang kahit

anong normal na interpersonal na relasyon, palagi nilang ipinoposisyon ang mga sarili nila na mas mataas sa iba para pangaralan ang mga ito. Madalas nilang ipinagyayabang ang kaalaman nila at minamaliit ang mga ordinaryong kapatid. Kapag nakisalamuha sa iyo ang isang anticristo at nalamang hindi mataas ang iyong pinag-aralan, hindi ka niya iintindihin. Kahit pa maabot mo ang pamantayan para maging isang lider ng iglesia o lider ng pangkat, hindi ka niya gagamitin. Anong klase ng mga tao ang ginagamit niya? Hinahanap niya ang mga taong may katayuan sa lipunan, kapangyarihan, kaalaman, at mga kaloob at na kayang magsalita nang mahusay—itinutuon niya ang pansin sa gayong mga tao, at kumikilos siya para gamitin ang mga ito. Kung nakadepende sa kanya ang pagpili sa mga tao at ang paggamit sa mga tao, pipiliin lang niya ang mga taong mahusay magsalita, mataas ang pinag-aralan, maraming alam, at may katayuan sa lipunan. Kahit pa ang mga gayong tao ay hindi naghahangad sa katotohanan o hindi makagawa ng kahit anong gawain, gusto pa rin niya ang mga iyon. Ano ang ipinahihiwatig nito? Pare-pareho silang nabibilang sa iisang kategorya. Tatal, ang mga taong magkakapareho ay nagsasama-sama. Nauunawaan ng ilang anticristo ang ilang salita at doktrina at pagkatapos ay nag-iisip sila ng lahat ng uri ng paraan para makapagsanay silang mangaral ng mga sermon. Hanggang sa anong antas sila nagsasanay? Hanggang sa antas na kaya na nilang magsalita nang mahusay at malawak, na makakaakyat na sila sa entablado nang walang dalang mga tala at makakapagsalita na sila nang ilang oras. Inaakala nilang ito ay paggawa ng gawain, na ito ang pinakamaluwalhating sandali nila, ang pinakamagandang oras kung kailan makakapagpakitang-gilas sila. Sinusunggaban nila ang mga ganoong pagkakataon at hindi kailanman pinalalagpas ang mga iyon. Gayumpaman, pagdating sa mga paksang madalas na ibinabahagi ng Diyos, mga bagay na may kinalaman sa normal na pagkatao, sa konsensiya at katwiran ng mga tao, at sa mga bagay na may pinakamalaking kaugnayan sa pagkatao sa mga tunay na buhay ng mga normal na tao—bagama't tila ba maliit at walang halagang mga detalye ang mga ito sa mga tao, sa realidad, malaki ang kaugnayan ng mga ito sa pagpasok sa katotohanang realidad. Paano itinuturing ng mga anticristo ang mga ito? Mula sa puso nila ay hinahamak nila ang mga ito, hindi nila sineseryoso ang mga salitang ito, at kinokondena nila ang mga bagay na ito sa kanilang puso, sa tingin nila ay walang kabuluhan ang mga ito. Gaano ka man magbahagi tungkol sa katotohanang realidad, tulad ng pagiging isang matapat na tao, isang taong tapat, o isang taong praktikal at may pagpapahalaga sa tungkulin, gaano ka man magbahagi tungkol sa mga ito, mananatiling hindi nagbabago ang pananaw nila. Gusto nilang maging isang taong mahusay magsalita, na mukhang punong-puno ng talento at may mga espesyal na abilidad, o maging isang tao pa nga na may mga kahima-himalang abilidad, tulad ng pagsasalita ng iba't ibang wikang hindi naman nila pinag-aralan, pagbabasa nang may extraordinaryong bilis, pagkakaroon ng photographic memory, at kung ano-ano pa. Kung taglay rin nila ang mga abilidad na ito, magiging puno ng kasiyahan ang puso nila. Sa kaibuturan ng puso nila, hinahangad at pinahahalagahan nila ang mga ito. Halimbawa, katatapos Ko lang sabihin

ang isang bagay, at ilang sandali lang, nakalimutan Ko na ito. Kapag tinanong ko ang lahat, wala ring sinumang nakakaalala. Tingnan mo, pare-parehong lahat ang mga memorya natin, hindi ba? (Oo.) Pero kapag nakita ito ng mga anticristo, sinasabi nila, “Hindi rin matalas ang memorya mo! Tingnan mo ang espirituwal na taong si ganito at ganyan; kaya niyang magbasa nang mabilis at mayroon siyang photographic memory. Ikaw ang cristo—ilang linya ang kaya mong basahin sa isang tingin lang?” Sinasabi Ko, “Wala Akong ganoong sobrenatural na abilidad. Minsan hindi Ko naaalala ang isang pangungusap pagkatapos Ko itong mabasa, at kailangan Ko ulit itong basahin.” Sinasabi nila, “Hindi ba’t dapat ay makapangyarihan sa lahat ang diyos?” Ganito sila nagsisimulang bumuo ng mga kuru-kuro. Sa kaibuturan ng puso nila, ano ang tingin nila sa nagkatawang-taong Diyos? “Ang nagkatawang-taong diyos ay isa lamang ganap na ordinaryo at lubusang normal na tao. Hindi matalas ang memorya niya, ang pangangatawan niya ay hindi ganoon kahusay; hindi siya mukhang diyos sa anumang aspekto.” Kaya, kapag narinig nilang ipinangangaral ng isang tao ang tungkol sa pagmamahal sa Diyos, iniisip nila, “Kung ang espirituwal na taong si ganito at ganyan o ang sikat na taong si ganito at ganyan ay diyos, matatanggap ko siya at magagawang mahalin. Pero kung ang kasalukuyang cristo na ito ang diyos, hindi ko siya kayang mahalin dahil hindi naman siya mukhang diyos.” Sa puso nila, para maging diyos ay kailangang mukhang diyos ang isang tao; dapat siyang magsalita, kumilos, at magmukhang diyos, para kapag nakita siya ng mga tao, wala silang anumang kuru-kuro—ito ang iniisip nila. Bakit? Iniisip nila, “Una, wala kang mga kahima-himalang abilidad. Ikalawa, wala kang mga espesyal na talento. Ikatlo, wala kang mga kaloob kagaya ng sa mga tao sa mundo na may mga isinasakatuparang dakilang bagay. Hindi ka eksepsiyonal sa anumang paraan, kaya bakit ako makikinig sa sinasabi mo? Bakit kita kailangang irespeto? Bakit ko kailangang magpasakop sa iyo? Hindi ko kayang magpasakop.” Anong problema ito? Anong klaseng disposisyon ito? Kahit pa hindi nila nauunawaan ang katotohanan, dapat pa rin silang magkaroon ng konsensiya at katwiran ng isang normal na tao. May mga kuru-kuro ang mga tao, at hindi sila kinokondena ng Diyos dahil doon, pero kapag nagkakaroon ang mga tao ng mga kuru-kuro at pagkatapos ay sadyang nilalabanan at kinokondena ang Diyos, madali nitong nasasalungat ang disposisyon ng Diyos. Dahil sa buktot na kalikasan ng mga anticristo kaya malaya nilang nakokondena at nalalabanan ang Diyos. Pagkatapos magkamit ng kaalaman, mayroon silang mas mayaman, mas malawak, at mas komprehensibong mga imahinasyon tungkol sa Diyos at sa Kanyang kataasan, diwa, awtoridad, at pagkamakapangyarihan-sa-lahat. Pagkatapos, sinusubukan nilang pagtugmain ang mga imahinasyong ito sa Diyos na kaya nilang makita at makasalamuha. Mapagtutugma ba nila ang mga iyon? Hindi nila kailanman mapagtutugma ang mga iyon. Habang mas lalo nilang pinag-aaralan ang Diyos, lalo nilang itinatatwa sa puso nila ang Diyos, at kaya nilang kondenahin at labanan ang Diyos; hindi ito maiiwasan.

Mula sa nakita ninyo sa Bibliya at sa lahat ng kasalukuyang pagbigkas ng Diyos, isinusulong ba ng Diyos ang mga kaloob, pagkatuto, at kaalaman? (Hindi.) Sa kabaligtaran,

hinihimay ng Diyos ang kaalaman at pagkatuto ng tao. Paano binibigyang-kahulugan ng Diyos ang mga kaloob? Paano Niya binibigyang-kahulugan ang mga kahima-himalang abilidad at espesyal na talento? Dapat ninyong maunawaan na ang mga kaloob, kahima-himalang abilidad, at espesyal na talento ay hindi talaga kumakatawan sa buhay. Ano ang ibig sabihin ng hindi kinakatawan ng mga ito ang buhay? Nangangahulugan ito na ang mga bagay na ito ay hindi resulta ng pagkamit ng mga tao sa katotohanan. Saan ba talaga galing ang mga bagay na ito? Galing ba ang mga ito sa Diyos? Hindi, hindi nagkakaloob ang Diyos ng kaalaman o pagkatuto sa mga tao, at lalong hindi Siya nagbibigay ng mas maraming kaloob sa mga tao para hangarin nila ang katotohanan. Hindi kumikilos ang Diyos sa ganitong paraan. Nauunawaan na ninyo ngayong ganito Ko ito sinasabi, hindi ba? Kung gayon, saan naipapamalas ang kabuktutan ng mga anticristo? Ano ang tingin nila sa mga kaloob, pagkatuto, at kaalaman? Pinahahalagahan, sinusundan, at ninanais pa nga nila ang mga ito, lalo na ang mga kaloob at kahima-himalang abilidad. Kung sasabihin mo sa isang anticristo, “Kung mayroon kang mga kahima-himalang abilidad, maaakit mo ang masasamang espiritu,” sasabihin niya, “Hindi ako natatakot!” Sasagot ka na, “Kung ganoon wala kang pag-asang maligtas sa hinaharap, ihahagis ka sa ikalabing-walong lebel ng impiyerno, sa lawa ng apoy at asupre,” at pagkatapos ay sasabihin pa rin niya na, “Hindi ako natatakot!” Kung magagawa mo siyang magsalita sa sampung magkakaibang wika at makapagpakitang-gilas para tingalain ng iba, sasang-ayon at handa siya. Masyadong ordinaryong magsalita ang Diyos at gumagawa ng napakapraktikal sa loob ng normal na pagkatao, at hindi tinatanggap ng anticristo ang pamamaraan, anyo, at nilalaman ng gawaing ito—hinahamak niya ito. Paano dapat kilatisin ng mga tao ang mga usaping ito? Halimbawa, kaya ng ilang taong magsalita ng iba’t ibang wikang hindi naman nila pinag-aralan. Kaya mo bang tanggapin ang katunayang ito? Sa tingin mo ba ay normal ito o kakaiba? (Kakaiba.) Samakatwid, sa loob ng makatwirang saklaw ng normal na pagkatao, hindi ito katanggap-tanggap. Ang isang taong may photographic memory, na natatandaan ang mga kulay, hugis, mukha, at pangalan, at kayang matandaan ang daan-daang pahina ng isang aklat pagkatapos itong mabasa, ikinukuwento ito mula simula hanggang wakas—pagkatapos na makisalamuha sa gayong tao, hindi ba’t nararamdaman mong may nakaharap kang hindi normal? (Oo.) Pero gusto ng mga anticristo ang mga ganitong bagay. Sabihin mo sa Akin, kapag nakasalamuha mo ang mga nasa relihiyosong mundo, ang mga diumano ay ebanghelista, mangangaral, at pastor, na sa kabuuan ay tinatawag na mga Pariseo, nararamdaman mo ba na ang mga taong ito ang kailangan ng puso mo, o na ang praktikal na Diyos ang kailangan ng puso mo? (Ang pakikipag-ugnayan sa Diyos ang kailangan ng puso namin.) Ang normal at praktikal na Diyos ang mas malapit sa mga panloob na pangangailangan mo, hindi ba? Kaya, sabihin ninyo kung ano ang pakiramdam ninyo kapag nakikisalamuha kayo sa mga Pariseo, kung ano ang mga positibo at negatibo, at kung may dala ba itong mga kapakinabangan. (Kapag nakikisalamuha ako sa mga Pariseo, pakiramdam ko, ito ay peke at malayo ang loob. Ang mga bagay na sinasabi nila ay napakahungkag at

huwad; kapag masyado kang nakinig dito ay nakakasuka na, at ayaw ko nang makisalamuha pa sa kanila.) Tama ba o katawa-tawa ang mga pananaw na ipinapahayag ng mga Pariseo? (Katawa-tawa.) Ang kalikasan ng mga pananaw nila ay katawa-tawa. At saka, ang karamihan sa mga bagay na sinasabi nila ay praktikal ba o hungkag? (Hungkag.) Kinamumuhian ba o kinagigiliwan ng karamihan ng tao ang pakikinig sa mga katawa-tawa at hungkag na bagay, pati na rin sa mga imahinasyon at kuru-kuro, na sinasabi nila? (Kinamumuhian ng karamihan ng tao ang pakikinig sa mga ito.) Karamihan ng tao ay ayaw ang mga iyon at ayaw makinig. Pagkatapos marinig ang kanilang mga pananaw at salita, at maobserbahan ang mga disposisyon nila at ang kanilang huwad at mapagpaimbabaw na pag-uugali, ano ang nararamdaman mo sa puso mo? Gusto mo pa bang makinig? Gusto mo bang mas mapalapit pa sa kanila, magkaroon ng malalimang pakikisalamuha sa kanila, at mas maunawaan pa sila? (Hindi.) Ayaw mong makisalamuha sa kanila. Ang pinakaisyu rito ay iyong mga salita nila ay masyadong hungkag, puno ng mga teorya at islogan; pagkatapos mong makinig nang napakatagal sa kanila, pakiramdam mo pa rin ay wala kang maintindihan sa sinasabi nila. Bukod dito, huwad at kambal-ang-loob ang disposisyon nila; nagkukunwari sila na mapagpakumbaba, mapagtiis, at mapagmahal, na may asal ng isang bihasang mananampalataya, na talagang “deboto” sila. Kapag kalaunan ay nakita mo ang totoong sila, masusuklam ka. Wala pa kayong gaanong malalim na pakikisalamuha sa Akin; ano ang tingin ninyo sa mga sermong ibinigay Ko? May pagkakaiba ba ang mga ito at sa mga sinasabi ng mga Pariseo? (Oo.) Ano ang pagkakaiba? (Praktikal ang mga sermon ng Diyos.) Iyon ang pundamental na punto. Bukod pa rito, ang sinasabi Ko ay may kinalaman sa inyong pagsasagawa, mga karanasan, at sa iba’t ibang aspekto ng mga usaping nakakaharap ninyo sa proseso ng paggawa ninyo sa mga tungkulin ninyo at sa tunay na buhay. Hindi ito di-praktikal at malabo. At saka, ang bawat katotohanang tinatalakay Ko o ang pananaw na mayroon Ako sa mga usapin ay praktikal ba o hungkag? (Praktikal.) Bakit ninyo sinasabing praktikal? Dahil hindi ito lumilihis sa tunay na buhay, hindi ito tungkol sa paglilitanya ng mga hungkag na teorya na hiwalay sa tunay na buhay. Ito ay pawang may kinalaman sa pagkilatis, pag-unawa, at pagsasagawa sa tunay na buhay ng mga tao, at sa mga kalagayang lumilitaw sa kanila kapag nahaharap sila sa iba’t ibang isyu habang ginagawa nila ang kanilang tungkulin. Sa madaling salita, kinasasangkutan ito ng mga paksang may kinalaman sa kung paano isinasagawa ng mga tao ang kanilang pananalig sa Diyos, sa kanilang buhay pananampalataya sa Diyos, at sa kanilang iba’t ibang kalagayan habang ginagawa nila ang kanilang tungkulin. Hindi natin binubuksan ang Bibliya para ipaliwanag nang hungkag ang Genesis o Isaias, ni pinag-uusapan nang walang laman ang tungkol sa Pahayag. Pinakaayaw Kong basahin ang Pahayag at ayaw Kong magsalita tungkol dito. Ano ang silbi ng pagsasalita tungkol dito? Kung sasabihin Ko sa iyo kung anong salot ang nangyari na, ano naman ang kinalaman niyon sa iyo? Gawain iyon ng Diyos. Kahit na matupad pa ang gawain ng Diyos, paano ka maaapektuhan niyon? Hindi ba’t magiging ikaw pa rin iyon? Kung sasabihin Ko

sa iyo kung aling salot ang nangyari na, magagawa mo bang iwaksi ang tiwaling disposisyon mo? Magiging ganoon ba kahima-himala iyon? Hindi. Kaya, kapag sumunod ang mga tao hanggang sa wakas, pagbubukod-bukurin sila ayon sa uri nila. Makakapanindigan ang mga kayang tanggapin ang katotohanan, ang mga nasisiyahan sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos, at kayang isagawa ang katotohanan. Ang mga ayaw basahin ang mga salita ng Diyos o makinig sa mga sermon, ang mga patuloy na ayaw tanggapin ang katotohanan at mabigat sa kalooban na gawin ang mga tungkulin nila, ay mabubunyag at matitiwalag kalaunan. Bagama't dumadalo sila sa mga pagtitipon at nakikinig sa mga sermon, hindi nila kailanman isinasagawa ang katotohanan, hindi pa rin sila nagbabago, at tutol sila sa pakikinig sa mga sermon—ayaw nilang makinig sa mga iyon. Kaya, kahit na ginagawa nila ang kanilang tungkulin, pabasta-basta naman ito, hindi nagbabago kailanman. Ang mga taong ito ay sadyang mga hindi mananampalataya. Kung ang mga taong tapat na nananampalataya sa Diyos ay madalas na nakikihalubilo at namumuhay kasama ng mga hindi mananampalataya, ano ang madarama nila? Bukod sa hindi sila makikinabang o mapapalakas, nasusuklam din sila nang nasusuklam sa puso nila laban sa mga ito. Ipagpalagay na makakaugnay mo ang mga Pariseo at maririnig mo silang magsalita, at malalaman mong malinaw at lohikal silang magsalita, na ipinapaliwanag nila ang lahat ng iba't ibang panuntunan at patakaran sa mauunawaang paraan at na parang naglalaman ng malalalim na teorya ang mga salita nila, pero kung maingat na susuriin, wala sa mga ito ang katotohanang realidad, at ang lahat ng iyon ay isang hungkag na teorya. Halimbawa, tinatalakay nila ang teorya ng Trinidad, teolohiya, mga teorya tungkol sa Diyos, kung paano ang Diyos sa langit kasama ang mga anghel, ang sitwasyon sa pagkakatawang-tao ng Diyos at ng Panginoong Jesus. Ano ang mararamdaman mo pagkarinig sa lahat ng usapang ito? Ang resulta ay magiging katulad ng pakikinig sa mga mitolohikal na kuwento. Kung gayon, bakit nasisiyahan ang mga anticristo sa pakikinig at pagtalakay sa mga bagay na ito, at bakit handa silang makisalamuha sa mga ganitong tao? Hindi ba't ito ang kabuktutan nila? (Oo.) Ano ang maoobserbahan sa kanilang kabuktutan? Sa kaibuturan nila, may partikular silang pangangailangan, na nagdudulot sa kanilang sambahin ang kaalaman at pagkatutong ito, at sambahin ang mga bagay na ito na mayroon ang mga Pariseo. Kung gayon, ano ang pangangailangan nila? (Ang maituring na mataas ng iba.) Hindi lamang nila kailangan na tingalain sila ng iba, kundi sa kaibuturan ng puso nila, gusto nila na palaging maging mga superman, na maging mas mataas na tao o mga sikat na tao na maraming alam—ayaw lang talaga nilang maging ordinaryong tao. Ano ang ipinahihiwatig ng pagnanais nilang maging mga superman? Sa kolokyal na pananalita, ibig sabihin nito ay hindi sila konektado sa realidad. Halimbawa, ang pinakamataas na mahihiling ng karamihan sa mga tao ay na, “Kung makakalipad lang sana ako sa himpapawid sakay ng eroplano.” Maaaring may ganoon silang hiling, hindi ba? Pero ano ang hiling ng mga anticristo? “Isang araw, gusto kong matubuan ng mga pakpak at makalipad sa malayong lugar!” May ganoon silang mga adhikain—ikaw ba? (Wala.) Bakit wala? Dahil hindi ito

makatotohanan. Kahit na kabitan ka pa ng dalawang malalaking pakpak, makakalipad ka ba? Hindi ka ganoong klaseng nilikha, tama? (Tama.) Ang mga taong tulad ng mga anticristo ay palaging umaasa sa kanilang imahinasyon, palaging hinahangad ang mga ninanais nila. Maliligtas ba sila? (Hindi.) Hindi ito ang klase ng mga taong inililigtas ng Diyos. Inililigtas ng Diyos ang mga nagmamahal sa katotohanan, nagtutuon sa realidad, at praktikal na naghahangad sa katotohanan. Ang mga palaging nagnanais na maging mga superman o nakatataas sa iba ay may sira ang ulo, hindi sila normal na mga tao, at hindi sila ililigtas ng Diyos.

Kapag nakikipag-ugnayan ang mga anticristo sa nagkatawang-taong Diyos, may tendensiya silang magtanong ng mga kakaibang tanong. Ang pagtatanong nila ng mga ganito ay kumakatawan sa kanilang malalim na pangangailangan at sa kung ano ang sinasamba nila sa kanilang puso. Sa simula, sa pagpapatotoo sa nagkatawang-taong Diyos, palaging itinatanong ng mga tao na, “Nagbabasa ba ng Bibliya sa bahay ang diyos? Hindi sa nagtatanong ako para sa sarili ko, sa totoo lang ay hindi naman ako interesado sa usaping ito; nagtatanong lang ako para sa mga kapatid. Marami sa kanila ay may ganito ring iniisip. Pinagninilayan nila sa puso nila na kung talagang madalas na binabasa ng diyos ang Bibliya, ibig sabihin, ang makapagsalita tungkol sa Bibliya at makapagpahayag ng katotohanan ay talagang normal. Gayumpaman, kung hindi binabasa ng diyos ang Bibliya at kaya pa rin itong ipaliwanag, magiging mahimala iyon, magiging tunay siyang diyos!” Siyempre, hindi ganito mismo ang sinasabi nila; direkta nilang tinatanong na, “Nagbabasa ba ng Bibliya sa bahay ang diyos?” Ano sa tingin ninyo? Dapat Ko ba itong basahin o hindi? Binabasa ba ninyo ito? Kung hindi pa kayo kailanman nanampalataya kay Jesus, magiging normal na hindi ito basahin. Binabasa ba ito ng mga taong nananampalataya na? (Oo, binabasa nila ito.) Siguradong ginagawa ito ng mga nananampalataya na. Nagsimula Ako nang may pananalig kay Jesus, paanong hindi ko babasahin ang Bibliya? Paano naman kung hindi Ko ito binasa? (Normal lang din iyon.) Ang pagbabasa ng Bibliya ay normal, siyempre ang hindi pagbabasa nito ay normal din. Ano ba ang natutukoy ng pagbabasa nito o hindi pagbabasa nito? Kung wala Ako sa posisyong ito, may pakialam ba ang sinuman kung nabasa Ko ang Bibliya o hindi? (Wala.) Wala namang magtatanong kung ano ang nabasa Ko. Dahil nasa espesyal na posisyon Ako, pinag-aaralan ng ilang tao ang usaping ito. Palagi nilang inuusisa ito, itinatanong na, “Binasa ba niya ang Bibliya noong bata pa siya?” Ano ba mismo ang gusto nilang malaman? May dalawang posibleng paliwanag, depende kung nabasa Ko ba ito o hindi. Kung nabasa Ko na ito, sa tingin nila, hindi malaking bagay ang maipaliwanag Ko ang Bibliya. Gayumpaman, kung hindi Ko pa nabasa ang Bibliya at kaya Ko pa rin itong ipaliwanag, iyon ay mistulang diyos. Ito ang resultang ninanais nila. Gusto nilang alamin ang pinakapunto nito; iniisip nila, “Kung hindi mo pa nabasa ang Bibliya, at kaya mo pa ring talakayin ito sa gayong kabatang edad, karapat-dapat itong imbestigahan. Ito ang diyos!” Iyon ang pananaw nila, at pinag-aaralan nila ang Diyos sa ganitong paraan. Ngayon, isalang-alang ninyo ang mga Pariseong iyon na bihasa sa Kasulatan. Talaga

bang naiintindihan nila ang mga salita sa Kasulatan? Natuklasan ba nila ang katotohanan sa Kasulatan? (Hindi.) Ngayon, pinag-isipan ba ito ng sinumang nagtanong sa Akin kung nabasa Ko na ba ang Bibliya? Kung naisaalang-alang nila ito, hindi nila palaging sisiyasatin ang usaping ito, hindi nila gagawin ang isang napakahangal na bagay. Ang mga taong hindi naa-arok ang katotohanan o walang espirituwal na pang-unawa, at hindi maarok ang diwa at pagkakakilanlan ng Diyos ay gumagamit na lang ng gayong pamamaraan para lutasin ito sa huli. Malulutas ba ng pamamaraang ito ang isyung ito? Hindi, hindi nito malulutas. Malulutas lamang nito ang maliit na isyu ng pagkamausyoso. Sa katunayan, binabasa Ko rin ang Bibliya. Sino sa mga mananampalataya ang hindi nagbabasa ng Bibliya? Ginagawa Ko ang payak na pagbabasa nito. Kahit papaano man lang, binabasa Ko ang Apat na Ebanghelyo ng Bagong Tipan, mabilisang binabasa ang Pahayag at Genesis, at sinisilip ang Isaias. Ano sa tingin ninyo ang paborito Kong basahin? (Ang Aklat ni Job.) Mismo. Kompleto at partikular ang kuwento sa Job, madaling maunawaan ang mga salita, at bukod doon, mahalaga at puwedeng makatulong at makapagbigay-aral sa mga tao ngayon ang kuwentong ito. Ipinakita na ng mga katunayan ngayon na talagang may napakalaking epekto ang kuwento ni Job sa mga sumunod na henerasyon. Marami silang naa-arok na katotohanan sa pamamagitan ni Job—mula sa saloobin niya sa Diyos, pati na rin sa saloobin at depinisyong ng Diyos kay Job, naa-arok nila ang layunin ng Diyos at kung anong klaseng landas ang dapat nilang tahakin pagkatapos manampalataya sa Diyos. Ginagamit Ko ang Aklat ni Job bilang konteksto para makipagbahaginan tungkol sa paraan ng pagkatakot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan, pati na rin ang daan ng pagpapasakop sa Diyos—talagang mahalaga ang kuwentong ito. Ito ay dapat basahin ng isang tao kapag may libre siyang oras. Kapag nakikita ng ilang tao ang Diyos na naging tao at nasaksihan nila ang pagiging praktikal at normal ng Diyos, maaaring hindi nila malaman kung Siya ba talaga ang Diyos o kung ano ang mangyayari sa hinaharap. Gayumpaman, pagkatapos maunawaan ang ilang katotohanan, binibitiwan nila ang mga katanungang ito. Tumitigil sila sa pananaliksik o pagmamalasakit sa mga usaping ito at tumutuon na sa maayos na paggawa ng kanilang mga tungkulin, pagtahak sa wastong landas na dapat nilang tahakin, at paggawa ng gawaing dapat nilang gawin nang maayos. Pero para sa ilang tao, hindi nila ito bibitiwan kailanman; ipipilit nilang pag-aralan ang mga ito. Ano sa tingin ninyo, dapat Ko bang asikasuhin ang usaping ito? Dapat Ko ba itong pansinin? Hindi kailangan na bigyang-pansin ito. Ang mga tumatanggap sa katotohanan ay natural na humihinto sa pagsasaliksik dito, samantalang ang mga hindi tumatanggap sa katotohanan ay patuloy itong ginagawa. Ano ang ipinahihiwatig ng pagsasaliksik na ito? Ang pananaliksik ay isang uri ng paglaban. Sa mga salita ng Diyos, may isang kasabihan. Ano ang resulta ng paglaban? (Kamatayan.) Ang paglaban ay humahantong sa kamatayan.

Bagama't tinanggap ng ilang anticristo ang yugtong ito ng gawain, madalas nilang pinagtutuunan kung ang mga salita bang binigkas at ang gawain bang ginawa ng nagkatawang-taong Diyos ay may anumang sobrenatural na elemento, kung may mga elemento bang lampas sa saklaw ng normal na pagkatao, at kung may mga elemento

ba na puwedeng makuha para patunayan ang pagkakakilanlan Niya bilang Diyos. Madalas nilang sinasaliksik ang mga usaping ito, walang kapagurang pinag-aaralan kung paano Ako magsalita, ang galaw at hitsura Ko habang nagsasalita Ako, pati na rin ang mga prinsipyo ng mga kilos Ko. Ano ang ginagamit nila sa pagsasaliksik na ito? Sinusukat at pinag-aaralan nila ito kumpara sa imahe o pamantayan ng mga kilala at dakilang tao na naarok nila. Itinatanong pa nga ng ilan, “Dahil ikaw ang nagkatawang-taong diyos, ang pagkakakilanlan at diwa mo ay siguradong iba sa mga ordinaryong tao. Kung gayon, saan ka magaling? Anong mga espesyal na katangian ang mayroon ka na sapat para sundan at sundin ka namin, at para tanggapin ka namin bilang aming diyos?” Talagang pinahirapan Ako ng tanong na ito. Sa totoo lang, hindi Ako magaling sa kahit ano. Wala Akong mga mata na nakakakita sa lahat ng direksiyon o mga tainga na nakakarinig sa lahat ng panig. Pagdating sa pagbabasa ng mga teksto, hindi Ko kayang magbasa ng sampung linya sa isang tingin lang, at ilang sandali matapos magbasa, nakakalimutan Ko na ang binasa Ko. May kaunti Akong alam sa musika, pero hindi Ako marunong magbasa ng sheet music. Kung may taong kakanta ng isang awit nang dalawang beses, kaya Kong sumabay kumanta, pero kasama na ba iyon sa pagiging magaling? May espesyal ba Akong mga talento, gaya ng pagiging bihasa sa Ingles o pagsasalita ng kung anong wika? Wala Akong kayang gawin sa mga ito. Kung gayon, saan ba Ako magaling? May kaunti Akong alam sa musika, sining, sayaw, literatura, pelikula, at disenyo. Mayroon Akong mabababaw na pagkaunawa sa mga larangang ito. Kapag nakikipagtalakayan ng mga teorya sa mga eksperto, puro jargon ito sa Akin, pero kaya Ko itong maunawaan kapag nakita Ko ito. Halimbawa, sa disenyong pang-arkitektura, kung may kinalaman ito sa propesyonal at teknikal na datos, hindi Ko ito nauunawaan. Gayumpaman, kung tungkol ito sa mga kulay at sa pagkakatugma ng mga estilo, may kaunti Akong alam at ilang pagkaunawa. Pero kung makakapag-aral ba Ako para maging isang eksperto o may talento sa larangang ito, mahirap masabi iyon dahil hindi Ko pa ito napag-aaralan. Kung titingnan ang mga puwedeng ma-access ng mga tao ngayon, ang musika, literatura, sayaw, at pelikula, ang mga bagay na nasa saklaw ng propesyonal na gawain ng ating iglesia, ang pag-aaral nang kaunti ay makapagbibigay sa Akin ng simpleng pagkaunawa. Maaaring sabihin ng ilang tao, “Ngayon alam ko na ang totoo mong sitwasyon; mayroon ka lang simpleng pagkaunawa.” Hindi Ako nagsasalita nang huwad; totoo, mayroon lang Akong simpleng pagkaunawa. Gayumpaman, may isang bagay na maaaring hindi ninyo naaarok, at iyon ay maaaring ang Aking kadalubhasaan. Anong kadalubhasaan iyon? Nauunawaan Ko kung anong propesyon ang nauugnay sa isang partikular na larangan, kung paano naipapahayag ang isang partikular na sining, at kung anong saklaw at mga prinsipyo ang napapaloob dito. Pagkatapos maging bihasa sa mga ito, alam Ko na kung paano gamitin sa gawain ng iglesia ang mga kapakinabang na bagay na ito, para mapagserbisyo ang mga iyon sa gawain ng ebanghelyo, at makamit ang pagiging epektibo sa pagpapakalat ng ebanghelyo ng Diyos sa mga huling araw. Ito ba ay kadalubhasaan? (Oo.) Pagdating naman sa kung ano ang pinakakulang sa

sangkatauhan ngayon, kung magagamit ng isang tao ang mga tamang pamamaraan at pagkatapos ay maipapahayag ang katotohanang may kinalaman dito, tutulutan ang mga taong makita at matanggap ito, ito ang pinakaepektibo. Kung gagamit ka ng pamamaraan na matatanggap ng mga tao at na malinaw na makapagpapahayag ng katotohanan at makapagpapaliwanag sa gawain ng Diyos, na lahat sa paraan na matatanggap at maaabot ng normal na pag-iisip ng tao—labis itong kapaki-pakinabang sa mga tao. Kung gagamitin natin ang mababaw na kaalamang mayroon tayo at gagamitin natin ang lahat ng kapaki-pakinabang na bagay na ito, sapat na ito para magkaroon ng ganitong uri ng kadalubhasaan. Mahusay Ako sa isang bagay, naisip na ba ninyo kung ano? (Mahusay ang Diyos sa pagbabahagi ng katotohanan.) Maituturing bang kasanayan ang pagbabahagi ng katotohanan? Hindi ba't kadalubhasaan iyon? Kung gayon, saan Ako magaling? Mahusay Ako sa pagtuklas sa tiwaling diwa na nasa loob ninyong lahat. Kung hindi Ako magaling dito, sabihin ninyo sa Akin, paano Ako makakagawa tuwing may mga lumilitaw na problema sa inyo at hindi Ko alam kung anong tiwaling disposisyon o kalikasang diwa ang ipinapakita ng mga ito? Magiging imposible iyon. Maaari bang sabihin na ang pagtuklas sa inyong tiwaling diwa ay kung saan Ako pinakamahusay? (Oo.) Dapat dito Ako maging pinakamahusay. Pinakamahusay Ako sa pagtukoy ng tiwaling disposisyon ng mga tao at ng kanilang kalikasang diwa. Mahusay Ako sa pagkilatis ng landas na tinatahak ng isang tao at ng kanyang saloobin sa Diyos batay sa kanyang kalikasang diwa. Pagkatapos, sa pamamagitan ng kanyang mga pagpapamalas, pag-uugali, at diwa, ibinabahagi Ko sa kanya ang katotohanan, tinutugunan ang mga partikular na isyu at tinutulungan siyang lutasin ang kanyang mga problema at makalabas sa mga iyon. Ang totoo, hindi ito isang kasanayan; ministryo Ko ito, gawain itong nasa saklaw ng Aking responsabilidad. May kasanayan ba kayo rito? (Wala.) Kung gayon, saan kayo magaling? (Sa pagpapakita ng katiwalian.) Hindi tumpak na magaling kayo sa pagpapakita ng katiwalian. Magaling kayo sa pagiging hindi natitinag ng katotohanan pagkarinig ninyo rito, pagtrato rito nang hindi seryoso, at bihasa kayo sa pagkilos nang pabasta-basta habang ginagawa ninyo ang inyong tungkulin nang hindi ito sineseryoso. Hindi ba't ganoon? (Oo.) Lantaran Kong sinasabi sa inyo ang mga ito; kaya ba ng mga Pariseo at anticristong magsalita sa inyo nang ganito? (Hindi, hindi nila kaya.) Siguradong hindi sila nagsasalita nang ganito. Bakit hindi? Itinuturing nila ito na kahiya-hiya, isang kakulangan sa pagkatao, isang bagay na pribado at may kinalaman sa totoong sitwasyon ng isang tao. Sinasabi nila, "Paano ko hahayaan ang iba na malaman ang totoong sitwasyon ko? Kung mangyayari iyon, hindi ba't mapapahiya ako, mawawalan ako ng dignidad at katayuan? Paano ako aasal kapag nagkagayon?" Ayon sa kanila, mas mabuti pang huwag na silang mabuhay! Kaya, pagkatapos Kong lantarang ibahagi sa inyo ang sitwasyon Ko, naaapektuhan ba nito ang pananalig ninyo sa Diyos? (Hindi, hindi ito nakakaapekto.) Kahit na mayroon kayong ilang ideya tungkol dito, hindi Ako natatakot. Bakit Ako hindi natatakot? Ang pagkakaroon ng ilang ideya ay normal; pansamantala lamang ito. Maaaring makaranas paminsan-minsan ng mga ilusyon na nakikita at naririnig ang mga tao. Palaging may posibilidad na

magkaroon ng pansamantala at baluktot na pagkaunawa o ng isang panandaliang maling pagkaunawa. Ibig sabihin ba nito ay mag-aalsa balutan na ang mga tao dahil dito o magiging negatibo at mahina na sila? Pero kung tunay mong hinahangad ang katotohanan, magagawa mo bang itatwa o iwan ang Diyos dahil lang sa mga panandaliang kuru-kuro? Hindi, hindi mo magagawang umalis. Ang mga taong tunay na hinahangad ang katotohanan ay kayang tratuhin at arukin nang tama ang mga usaping ito, kaya nilang tanggapin nang normal ang mga katunayang ito nang hindi nila namamalayan, at unti-unting gawin ang mga iyon na isang tunay na kaalaman sa Diyos, isang obhetibo at tumpak na kaalaman—ito ang tunay na pagkaunawa sa katotohanan. Isang araw, maaaring sabihin ng isang tao, “Sobrang nakakaawa ang nagkatawang-taong diyos; wala siyang ibang magawa maliban sa magsabi ng katotohanan.” Anong klaseng tono ito? Tono ito ng isang anticristo. Sumasang-ayon ba kayo sa kanila? (Hindi ako sumasang-ayon.) Bakit hindi kayo sumasang-ayon? (Ang sinasabi nila ay hindi totoo.) Ang sinasabi nila ay totoo. Ang nagkatawang-taong Diyos, bukod sa nagagawa Niyang ipahayag ang katotohanan sa Kanyang pananalita, ay wala nang ibang alam gawin; wala siyang partikular na kasanayan. Nakakaawa ba ito? Ganoon ba sa tingin ninyo? (Hindi.) Kung gayon ano sa tingin ninyo? Sinasabi ng ilang tao, “Mismong dahil ordinaryo at normal ang Diyos, gumagawa ng praktikal na gawain, kung kaya’t tayo bilang isang tiwaling sangkatauhan, ay may pagkakataong makamit ang kaligtasan. Kung hindi, lahat tayo ay hahantong sa impiyerno. Mayroon tayong malaking kalamangan ngayon, kaya tamasahin natin ito nang palihim!” May ganito ba kayong pakiramdam? (Oo.) Pero iba ang ilang tao. Sa tingin nila, “Nagsasalita lang ang diyos; walang sobrenatural sa kanya. Ano ang napapala ko? May mga sarili akong kuru-kuro at ideya tungkol sa diyos, at hinuhusgahan ko ang diyos nang patalikod, pero hindi pa ako dinisiplina ng diyos. Hindi pa ako nagdusa o naparusahan.” Unti-unti, lumalaki ang kapangahasan nila, at naglalakas-loob silang magsalita ng kahit ano. Sinasabi ng ilang tao, “Ganito mo dapat makilala ang nagkatawang-taong diyos: Kapag nagsasalita, gumagawa, at nagpapahayag siya ng katotohanan, ang espiritu ng diyos ang gumagawa sa loob, at ang katawang-tao ay balat lang, isang kasangkapan. Ang tunay na diwa ay ang espiritu ng diyos; ang espiritu ng diyos ang nagsasalita. Kung hindi dahil sa espiritu ng diyos, masasabi ba ng katawang-tao ang mga salitang iyon?” Parang tama ang mga salitang ito kapag pinakinggan mo ang mga ito, pero ano ang dala ng mga ito? (Kalapastanganan.) Tama, kalapastanganan ang mga iyon—isang napakalupit na disposisyon! Ano ang sinusubukan nilang sabihin? “Isa kang napakakaraniwang tao. Wala kang marangal na anyo, hindi ka kahanga-hangang tingnan. Ang pananalita mo ay hindi mahusay o sopistikado sa teoretikal na paraan—kailangan mo munang mag-isip bago ka magsalita ng kahit ano. Paanong ikaw ang nagkatawang-taong diyos? Bakit ka sobrang pinagpala at masuwerte? Bakit hindi ako ang nagkatawang-taong diyos?” Sa huli, sinasabi nila, “Ito ay pawang paggawa at pagsasalita ng espiritu ng diyos; ang katawang-tao ay daanan lamang ng espiritu, isa itong kasangkapan.” Napapanatag sila sa pagsasabi nito. Ito ay inggit, na humahantong

sa pagkamuhi. Ang implikasyon ay, “Paanong ikaw ang nagkatawang-taong diyos? Bakit napakapalad mo? Paano mo natamo ang kalamangang ito? Bakit hindi ko ito nakuha? Sa tingin ko ay hindi ka mas magaling kaysa sa akin. Hindi ka ganoon kagaling magsalita, hindi gaanong kataasan ang pinag-aralan mo, mas kaakit-akit ako kaysa sa iyo, at mas matangkad ako kaysa sa iyo. Paano ka naging mas lamang sa akin? Paanong ikaw ang nagkatawang-taong diyos? Bakit hindi ako? Kung ikaw ang nagkatawang-taong diyos, maraming tao rin ang ganoon. Kailangan ko ring ipaglaban ito. Sinasabi ng lahat na ikaw ang diyos, wala akong magagawa roon, pero huhusgahan pa rin kita nang ganito. Ang pagsasalita nang ganito ay nakakabawas sa pagkamuhi ko!” Hindi ba’t malupit ito? (Oo.) Naglalakas-loob silang magsabi ng kahit ano para makipagkompetensiya sa posisyon—hindi ba’t paghahanap ito ng kamatayan? Kung ayaw mong tanggapin na Siya ay Diyos, sino ba ang pumipilit sa iyo? Pinilit ba Kita? Hindi naman Kita pinilit, hindi ba? Una, hindi Ako nakiusap sa iyo na tanggapin ito. Ikalawa, hindi Ako gumamit ng matitinding paraan para puwersahin kang tumanggap. Ikatlo, hindi nakialam ang Espiritu ng Diyos, hindi sinabi sa iyo na dapat kang tumanggap, o kung hindi ay parurusahan ka. Ginawa ba ito ng Diyos? Hindi. May karapatan kang pumili nang malaya; puwede mong piliing huwag tumanggap. Kaya, kung ayaw mong tumanggap, bakit sa huli ay tumatanggap ka pa rin? Hindi ba’t naghahangad ka lang ng mga pagpapala? Nagnanais sila ng mga pagpapala pero hindi nila kayang tumanggap o sumunod, o ayaw pa rin nila, kaya ano ang ginagawa nila? Nagsasabi sila ng mga mapaminsalang salitang gaya niyon. Narinig na ba ninyo ang mga ganitong klaseng salita noon? Hindi lang isa o dalawang beses Ko nang narinig ang mga iyon sa ilang tao. Iniisip ng ilang tao, “Nagsimula kaming manampalataya sa diyos kasama mo. Noong panahong iyon, bata ka pa, madalas na isinusulat ang mga salita ng diyos. Kalaunan, nagsimula kang mangaral. Isa ka lamang ordinaryong tao; alam namin ang totoong sitwasyon mo.” Anong klase ba ang totoong sitwasyon Ko? Isa lamang Akong ordinaryong tao; iyon ang katotohanan tungkol sa Akin. Dahil lamang ordinaryo at normal Ako, at napakaraming tao ang napapasunod Ko sa Akin ngayon, hindi ba’t iyan ang dahilan kaya ayaw mo? Kung ayaw mo, huwag kang manampalataya. Ito ang gawain ng Diyos; hindi Ko puwedeng iwasan ang responsabilidad Ko, wala Akong kadahilanan, at wala Akong ginawang nakakasakit o nakakapinsala. Kaya, bakit mo Ako tinatrato nang may ganitong pananaw? Kung ayaw mo, huwag kang manampalataya. Manampalataya ka kung kanino ka handang manampalataya; huwag kang sumunod sa Akin. Hindi kita pinilit. Bakit ka sumusunod sa Akin? Pumunta pa nga ang ilan sa bahay Ko para mag-imbestiga. Ano ba ang iniimbestigahan nila? Tinanong nila Ako, “Umuuwi ka ba? Kumusta naman ang pinansiyal na kalagayan mo sa bahay ngayon? Ano ang ginagawa ng mga miyembro ng pamilya mo? Nasaan sila? Kumusta naman ang pamumuhay nila?” Siniyasat pa nga ng ilang tao ang dagdag na sapin o kumot sa bahay Ko. Ayaw talaga ng mga taong ito na manampalataya sa Diyos! Bakit ayaw nila? Dahil iniisip nila, “Hindi dapat ganito ang diyos. Hindi dapat sobrang liit ng diyos, sobrang normal at praktikal, at napakakaraniwan at ordinaryo. Napakapangkaraniwan niya,

pangkaraniwan hanggang sa punto na hindi na namin siya nakikilala bilang diyos.” Kaya bang makilala ng mga mata mong walang espirituwal na pang-unawa ang Diyos? Kahit pa bumaba ang Diyos mula sa langit para sabihin sa iyo ito, hindi mo pa rin Siya makikilala. Karapat-dapat ka bang makakita sa tunay na persona ng Diyos? Kahit pa malinaw na sabihin sa iyo ng Diyos na Siya ang Diyos, hindi mo ito tatanggapin. Makikilala mo ba Siya? Anong klaseng mga tao ito? Ano ang kalikasan nila? (Kabuktutan.) Ang mga taong ito ay talagang “pinalalawak ang pananaw Ko.”

Simula nang gawin Ko ang gawain ng Diyos, habang isinasakatuparan Ko ang Aking gawain nang may pagkakakilanlan at posisyong ito, nakasalamuha Ko ang ilang tao. Dahil naharap Ako sa ganitong iba’t ibang klase ng mga “taong may talento,” naobserbahan Kong dalawang salita ang hindi maihihiwalay sa tiwaling disposisyon ng mga tao: ang “masama” at “buktot”—pareho itong nakapaloob dito. Bakit nila Ako pinag-aaralan araw-araw? Bakit ayaw nilang tanggapin ang pagkakakilanlan Ko? Hindi ba’t dahil masyado Akong ordinaryo at normal na tao? Kung nasa anyo sana Ako ng isang espirituwal na katawan, maglalakas-loob ba sila? Hindi sila maglalakas-loob na pag-aralan Ako nang ganito. Kung mayroon Akong katayuan sa lipunan, samahan pa ng mga espesyal na abilidad, ng imahe at anyo ng isang dakilang tao, at isang medyo masama, mapang-api, at walang awang disposisyon, maglalakas-loob ba ang mga taong ito na pumunta sa bahay Ko para imbestigahan at pag-aralan Ako? Siguradong hindi sila maglalakas-loob; iiwasan nila Ako, magtatago sila kapag nakita nilang parating Ako, at siguradong hindi sila maglalakas-loob na pag-aralan Ako, hindi ba? Kung gayon bakit nila nagagawang pag-aralan Ako nang ganito? Ang tingin nila sa Akin ay madaling target. Ano ang ibig sabihin ng madaling target? Ibig sabihin niyon ay masyado Akong ordinaryo. Ano ang ipinahihiwatig ng “ordinaryo”? “Tao ka lang; paanong ikaw ang diyos? Lubos kang walang kaalaman, pinag-aralan, mga kaloob, mga talento, at mga abilidad na dapat mayroon ang diyos. Paanong kagaya ka ng diyos? Hindi ka niya katulad! Kaya, mahirap para sa akin na tanggapin diyos ka, na sumunod sa iyo, makinig sa iyong mga salita, at magpasakop sa iyo. Kailangan kong mag-imbestigang mabuti: kailangan kitang pagmasdan, bantayan, at hindi hayaang gumawa ng anumang hindi tama.” Ano ang sinusubukan nilang gawin? Kung may katayuan Ako sa lipunan at kaunting katanyagan, halimbawa, kung isa Akong napakahusay na mang-aawit, at isang araw ay nagpatotoo Ako na Ako ang Diyos, ang Cristo, hindi ba’t kahit papaano ay may ilang taong makukumbinsi? Mas kakaunti ang bilang ng mga taong pag-aaralan Ako. Ang katunayan lang na ordinaryo, normal, praktikal, at masyadong karaniwan Ako, iyon ang nagbubunyag sa maraming tao. Ano ang ibinubunyag ng mga iyon tungkol sa kanila? Ibinubunyag nito ang kabuktutan nila. Hanggang saan umaabot ang kabuktutang ito? Umaabot ito sa puntong kapag nadaanan Ko sila, pag-aaralan nila Ako nang matagal, maghahanap ng wangis ng Diyos sa likod Ko, sinusuri kung may mga himalang kasama sa pananalita Ko. Madalas silang naghahaka-haka sa puso nila na, “Saan galing ang mga salitang ito? Napag-aralan ba ang mga iyon? Parang hindi naman ganoon:

Mukhang wala naman siyang oras mag-aral. Malaki na ang ipinagbago niya nitong mga nakaraang taon; mukhang hindi ito isang bagay na pinag-aralan. Kung gayon, saan galing ang mga salitang ito? Mahirap itong maarok; kailangan kong maging maingat,” at patuloy silang nag-aaral. Ang mga patuloy na nag-aaral ay hindi nakikibahagi, nakikisalamuha, o nakikipag-usap sa Akin nang harapan; palagi silang nagmumuni-muni sa likod Ko, palaging gustong makakita ng mga kamalian sa mga salita Ko, at makahanap ng magagamit nila laban sa Akin. Kaya nilang pag-aralan nang ilang araw ang isang pangungusap na hindi naaayon sa mga kuru-kuro nila, at ang isang medyo mahigpit na pananalita ay maaaring bumuo ng kuru-kuro sa kanila. Saan galing ang mga ito? Galing iyon sa mga isip at kaalaman ng mga tao. Anong klaseng mga tao ang kayang pag-aralan ang Diyos, ang kayang palaging gamitin ang mga pag-iisip nila upang maghaka-haka sa Diyos? Puwede ba silang ilarawan bilang mga taong may buktot na disposisyon? Oo naman! Dahil may oras at lakas ka, napakahusay kung kaya mong pagnilayan ang katotohanan! Aling katotohanan ba ang hindi masyadong matagal para sa iyo na pagbahaginan at pagnilayan? Napakaraming katotohanan na maaaring hindi mo magawang pagnilayan ang lahat ng iyon sa buhay na ito. Napakaraming katotohanan ang kailangang maunawaan ng tao. Hindi sila nakararamdam ng pasanin sa usaping ito, pero hindi nila kailanman nakakalimutan ang mga panlabas at mababaw na usaping iyon at palagi nilang pinag-aaralan ang mga iyon. Sa sandaling magsalita Ako, kumukurap-kurap ang mga mata nila, tinititigan ang tingin Ko, sinisiyasat ang mga kilos at ekspresyon Ko, at naghahaka-haka sa puso nila na, “Mukha ba siyang diyos sa aspektong ito? Ang pananalita niya ay hindi mukhang sa diyos, hindi tumutugma ang tingin niya. Paano ko siya maaarok? Paano ko makikita kung ano ang iniisip niya tungkol sa akin sa kaibuturan ng kanyang puso? Ano ang iniisip niya tungkol sa usaping ito at sa usaping iyon? Paano niya ako binibigyang-kahulugan?” Palagi silang nagkikimkim ng mga kaisipang ito. Hindi ba’t buktot ito? (Oo.) Hindi na ito maliligtas pa—napakabuktot nito!

Ang isang tunay na tao ay minamahal at hinahangad ang mga bagay na umaayon sa pagkatao, konsensiya, normal na pag-iisip ng tao, at tunay na buhay, na normal at praktikal, walang pagkabaluktot at hindi kakaiba, hindi abstrak, hindi hungkag, at hindi sobrenatural. Pagdating sa mga bagay na ito, dapat magawang pahalagahan, wastong pangasiwaan, at tanggapin ng isang normal na tao ang mga bagay na ito nang ayon sa nakagawian, na tratuhin ang mga iyon bilang mga positibong bagay. Sa kabaligtaran, ang ilang tao, kapag nakompronta gamit ang mga katotohanang ito na may malapit na kinalaman sa iba’t ibang aspekto ng tunay na buhay, tulad ng pagkain, pananamit, tirahan, transportasyon, pag-uugali, at personal na pag-asal, ay minamaliit, binabalewala, at winawalang-bahala ang mga iyon. Anong isyu rito? Problema ito sa mga gusto nila at sa kalikasang diwa nila. Habang mas positibo ang isang bagay, mas lalo itong isang bagay na minamahal ng Diyos, isang bagay na gusto Niya, at isang bagay na ginagawa Niya, at mas lalo itong tumutugma sa inaasahan ng Diyos sa mga layunin Niya na makakamit at tatanggapin ng mga tao, mas lalo itong kinukuwestiyon, pinag-aaralan,

sinasalungat, at kinokondena ng mga taong ito—hindi ba't buktot ito? Napakabuktot nito! Ang mga anticristo ay popular sa mga walang pananampalataya. Kung kasama Ako ng mga walang pananampalataya, sa pagitan ng mga anticristo at ng nagkatawang-taong Diyos, sino ang mas handang tanggapin ng mga walang pananampalataya? (Ang mga anticristo.) Bakit? Sino ang mas gusto ng mga walang pananampalataya, ang matutuwid na tao ba o ang mga buktot na tao? (Ang mga buktot na tao.) Mas gusto ba nila ang mga nambobola at nang-uuto, o ang matatapat? (Ang mga nambobola at nang-uuto.) Mismo, pinapaboran nila ang mga gayong tao. Kung hindi mo alam kung paano gumamit ng mga taktika para pamahalaan ang iba't ibang interpersonal na ugnayan sa isang grupo, at hindi mo alam kung paano magmanipula o kumontrol ng iba't ibang tao sa pamamagitan ng mga estratehiya, matatanggap ka ba ng grupong iyon? Kung masyado kang matuwid, palaging nagsasabi ng katotohanan, kung kaya mong makilatis ang diwa ng maraming isyu, at pagkatapos ay masabi ang mga katotohanang nakikilatis at nauunawaan mo, matatanggap ba ito ng sinuman? Hindi, walang sinuman sa mundong ito ang makakatanggap nito. Sa mundong ito, huwag kang umasang magsalita ng katotohanan—ang paggawa nito ay maghahatid ng gulo o magdudulot ng sakuna. Huwag kang umasang maging isang matapat na tao; walang kinabukasan sa pagiging ganoon. Paano naman ang mga anticristo? Mahusay sila sa pagsasabi ng mga kasinungalingan, bihasang nagpapanggap at pinagaganda ang kanilang sarili, pinagmumukhang dakila, marangal, at may kabutihan ang kanilang mga sarili, pinasasamba ang mga tao sa kanila. Mahusay sila sa mga ganitong bagay, at ang ikinasisiya nila ay kapareho nito—nasisiyahan sila sa pagtatalakay ng hungkag na kaalaman at pinag-aralan, pati na rin sa paghahambing ng mga kaloob at estratehiya. Halimbawa, sa isang kompanya o grupo ng mga tao, ang pagkakaroon ng pinakamataas na kaalaman at pinag-aralan ay hindi ang pangunahing bagay, ni ang pangunahing bagay sa pagtukoy ng posisyon ng isang tao sa kompanyang iyon. Ano ang pangunahing bagay? (Ang mga estratehiya at talento.) Mismo, ito ay ang mga estratehiya at talento. Kung wala ang mga ito, ang pagtataglay ng malawak na kaalaman ay walang silbi. Halimbawa, ipagpalagay nang bumalik ka mula sa ibayong-dagat, at talagang wala kang alam sa mga patakaran para makaabante sa grupong ito sa iyong sariling bansa. Kung gagamitin mo ang mga panuntunan, patakaran, at mga prinsipyo para sa sariling asal ng mga kompanya sa ibayong-dagat, hindi ka makakapagpatuloy. Hindi ba't ganoon iyon? (Oo.) Ganoon iyon. Dapat magkaroon ka ng mga estratehiya, at kailangan mong maging masama at buktot para umangat sa mas mataas na posisyon. Katulad lang ito ng ilang babae: Kahit na may asawa silang susustento sa kanila, hindi sila kontento. Para magingangat sa iba at magtamo ng katanyagan, pakinabang, at katayuan, ginagawa nila ang anumang paraang kinakailangan. Nambobola pa nga sila, at kung kinakailangan, nagseserbisyo bilang escort, nang walang anumang bakas ng kahihiyan kalaunan o pagkakonsensiya o pagkaramdam ng pagkakautang sa kanilang mga asawa o pamilya. Kaya mo bang gawin iyon? Kamuhi-muhi iyon sa iyo, at hindi mo iyon magawa. Kung

gayon, paano ka aangat sa mas mataas na posisyon sa gitna nila? Imposible iyon. Ang lahat ng iyon ay nagagawa sa pamamagitan ng pagbebenta ng kaluluwa at paggamit ng iba't ibang buktot na pamamaraan. Gusto mo ba ang paraang iyon ng paggawa sa mga bagay-bagay? (Hindi.) Ngayon ay sinasabi mong ayaw mo ito, pero kapag nagipit ka balang araw, magugustuhan mo na ito. Kung buong araw kang inaapi at pinagdurusang ng mga tao, pinahihirapan ka, hinahanapan ka ng mali, at gusto kang paalisin, maaaring kailangan mong ibenta ang katawan mo para hindi ka matanggal sa trabaho. Kakailanganin mong matutuhan ang anumang buktot na panlalansing ginagamit nila, at sa huli, magiging katulad ka lang din nila. Ngayon, mariin mong ipinapahayag na, "Hindi ko gusto ang ganoong uri ng mga taktika. Ayaw kong maging ganoong klaseng tao. Hindi ako ganoon kabuktot. Ayaw kong ipagbili ang katawan ko. Ayaw ko ng pera; sapat na ang may makain at masuot." Anong klaseng tao ka? Wala kang kuwenta. Kung ano ka ay kung paano ka ginawang tiwali ni Satanas. Sa tingin mo ba ay kaya mong maging ang sarili mong panginoon? Nagbabago ang mga tao ayon sa kapaligiran, may tiwali silang disposisyon, at sadyang hindi mo mapagtatagumpayan ang katanyagan, pakinabang, katayuan, pera, at lahat ng klase ng tukso. Kung nasa ganoon kang kapaligiran, hindi mo rin magagawang kontrolin ang sarili mo. Ang yugto para sa mga walang pananampalataya ngayon ay parang gilingan ng karne. Kapag nagiling na ang isang tao, wala nang paraan para makaligtas. Ngayon, sa pamamagitan ng paggawa mo sa tungkulin mo sa sambahayan ng Diyos, nang may proteksiyon ng Diyos, at nang walang sinumang nang-aapi sa iyo, kaya mong mamuhay nang payapa sa presensiya ng Diyos. Lubos kang pinagpala, kaya tahimik mo itong temasahin! Kung hindi mo gagawin nang wasto ang tungkulin mo at mahaharap ka sa kaunting pagpupungos, hindi mo dapat madamang naagrabyado ka. Nakapagtamo ka ng malalaking pagpapala; hindi ba't alam mo iyon? (Oo.) Sabihin mo sa Akin, ano ang pakiramdam ng mga walang pananampalataya kapag nasa "gilingan ng karne" sila? Mas mabuti pang mamatay na sila. Ang kaunting pagdurusang tinitiiis mo sa sambahayan ng Diyos ay ang dapat tiisin ng mga tao; hindi naman ito masyadong napakasakit. Gayumpaman, hindi kontento ang mga tao, at ayaw nilang magsisi gaano man sila pungusan. Pero kapag pinauwi sila, ayaw nilang bumalik sa mga walang pananampalataya dahil pakiramdam nila ay napakasama ng mga ito. Kapag talagang nahaharap sila sa kamatayan, ayaw ng mga taong mamatay; pinahahalagahan ng lahat ang buhay at sinusunod nila ang prinsipyo na "ang isang masamang buhay ay mas mainam kaysa sa isang mabuting kamatayan." Sa sandaling makita nila ang kanilang libingan, napapaiyak sila bigla. Alam na ng mga tao ngayon na hindi madaling mabuhay kasama ng mga walang pananampalataya. Kung gusto mong mabuhay nang may dignidad at kumita ng ikabubuhay mo batay sa mga abilidad mo, imposibleng magawa ito. Hindi sapat ang pagkakaroon lamang ng mga abilidad; kailangan mo ring maging buktot, masama, at mapaminsala para magtagumpay. Anong mayroon ka? Sinasabi ng ilang tao, "May taglay akong kaunting kabuktutan ngayon, pero hindi sapat na kasamaan." Madali lang iyon. Ilagay mo ang

sarili mo sa “gilingan ng karne,” at wala pang isang buwan, magiging masama ka na. Kung mabuting tao ka, gusto nilang patayin ka; pinatatawad mo sila, pero hindi ka nila patatawarin, kaya kailangan mo silang labanan para mabuhay. Kapag naging masama ka na, wala nang atrasan, at magiging diyablo ka na rin. Ganito nabubuo ang kabuktutan. Ang mundo ng mga walang pananampalataya ay napakadilim at buktot. Paano makakalaya sa satanikong impluwensiya ng kadiliman at kabuktutan ang mga tao? Kailangan nilang maunawaan ang katotohanan para makamit ang kaligtasan. Ngayong nananampalataya ka na sa Diyos, kung gusto mong maligtas at mapalaya sa impluwensiya ni Satanas, hindi ito simpleng bagay. Dapat mong matutuhang magpasakop sa Diyos, magkaroon ng may-takot-sa-Diyos na puso, makilatis ang maraming bagay, at bukod pa roon, ang mga prinsipyo mo ng pag-asal ay dapat magtaglay ng karunungan sa isang banda, at hindi sumalungat sa Diyos sa kabilang banda. Gayundin, huwag ka palaging magsikap para sa katanyagan at pakinabang, o palaging maghangad na matamasa ang mga kapakinabangan ng katayuan. Ang makakain lang nang sapat at hindi mamatay sa gutom ay sapat na. Kailangan mong magdasal sa Diyos, humingi na ipagkaloob ang biyaya sa ganitong paraan, para mapagkalooban ng proteksiyon. Kung palagi kang nagkikimkim ng magagarbong pagnanais, hindi iyon makatwiran, at hindi diringgin ng Diyos ang mga panalangin mo.

Pagdating sa buktot na kalikasan ng mga anticristo, pangunahin nating pagbabahaginan ngayon ang ikatlong pagpapamalas, na siyang sinasamba ng mga anticristo. Ano ang sinasamba ng mga anticristo? (Ang kaalaman at pinag-aralan.) Ang kaalaman at pinag-aralan, at ang isa pang bagay—ang mga kaloob. Ano ang kasama sa kaalaman at pinag-aralan? Kasama sa mga iyon ang kung ano ang makikita sa mga aklat na pinag-aaralan sa mundo, ang karanasang nakakamit sa pakikilahok sa mga industriyang may kinalaman sa kaalaman, pati na rin ang iba’t ibang paglilimita, panuntunan, at patakarang ipinangangaral sa lipunan tungkol sa moralidad, pagkatao, pag-uugali, at iba pa. Bukod pa rito, kasama rin sa mga iyon ang kaalaman mula sa iba’t ibang larangan ng siyensiya. Halimbawa, hindi naniniwala ang ilang tao sa reinkarnasyong binanggit sa mga salita ng Diyos. Pero kung isang araw ay matuklasan sa siyentipikong pananaliksik na may kaluluwa ang mga tao dahil, pagkamatay nila, ay may umaalis sa katawan nila, at bumababa nang ilang sukat ang timbang ng isang tao, na posibleng timbang ng kaluluwa, maaari na silang maniwala rito. Paano man magsalita ang Diyos, hindi sila naniniwala, pero sa sandaling sukatin ng mga siyentipiko ang isang bagay batay sa timbang, naniniwala na sila rito. Nagtitiwala lamang sila sa siyensiya. Naniniwala lamang ang ilang tao sa bansa, gobyerno, at mga pagpapakahulugan ng nauugnay na impormasyon, mga teorya, at mga kilalang tao. Ang mga ito lamang ang pinagkakatiwalaan nila. Hindi nila sineseryoso ang mga salita, pagtuturo, paggabay, o mga pagbigkas ng Diyos. Pero sa sandaling marinig nilang nagsasalita ang isang sikat na tao, tinatanggap nila agad ang mga iyon at sinasamba pa nga nila at ipinapalaganap ang mga salita ng taong iyon. Halimbawa, sinabi ng Diyos na ang manna na Kanyang ipinadala sa mga

tao sa bawat araw ay hindi puwedeng itago at kainin kinabukasan dahil hindi na ito sariwa, pero hindi sila naniwala sa mga salita ng Diyos. Inakala nila, “Paano kung hindi na magpadala ng manna ang diyos, at magutom tayo?” Kaya, humanap sila ng paraan para makolekta at maiimbak iyon. Kinabukasan ay nagpadala ng manna ang Diyos, at nagpatuloy silang mangolekta nito. Nang ikatlong araw ay nagpadala ang Diyos ng manna, at nangolekta pa rin sila. Pare-parehong mga salita ang sinabi ng Diyos bawat araw, at patuloy silang kumilos sa paraang salungat sa itinagubilin sa kanila ng Diyos. Hindi sila kailanman naniwala o nakinig sa mga salita ng Diyos. Isang araw, may isang siyentipikong nagsaliksik at nagsabing, “Kung hindi kakainin ang manna sa araw ring iyon at itatabi iyon para sa susunod na araw, kahit na mukhang sariwa ito sa panlabas, may mga mikrobyo ito na puwedeng magdulot ng sakit sa tiyan kapag kinain.” Magmula noon, tumigil na sila sa pangongolekta. Para sa kanila, mas matimbang ang isang pahayag mula sa isang siyentipiko kaysa sa sampung pahayag na mula sa Diyos. Hindi ba’t buktot ito? (Oo, buktot ito.) Sa salita lang nila kinikilala na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan, at kinikilala nila ang Diyos, sumusunod sila sa Diyos, at inaasam nila na makatanggap ng mga pagpapala mula sa Diyos. Kasabay nito, tinatamasa nila ang biyaya at mga pagpapalang ibinigay ng Diyos, nilalasap ang pag-aalaga at proteksiyon ng Diyos, pero maliban doon, hindi sila nakikinig sa kahit isang pangungusap na sinabi ng Diyos, sa itinagubilin, iniutos, o iniatas Niya na gawin nila. Kapag ang isang maalam at nakapag-aral na tao na may awtoridad at posisyon ang nagsabi ng isang bagay o nagbigkas ng isang baluktot na pangangatwiran, tinatanggap nila ito agad, tama man ito o mali. Anong nangyayari rito? Buktot ito, napakabuktot! Halimbawa, sinabi Ko sa ilang tao na huwag kumain ng kamote kasabay ng mga itlog, dahil puwede itong magdulot ng pagkalason sa pagkain. Saan nakabatay ang pahayag Ko? Hindi Ko ito gawa-gawa lamang; may ilang kaso na ng pagkalason sa pagkain ang mga tao dahil sa pinagsabay itong kinain. Pagkatapos itong marinig, anong magiging reaksiyon ng isang normal na tao? lisipin niya, “Sa hinaharap, hindi na ako kakain ng mga itlog kapag may mga kamote ako, kahit man lang sa susunod na dalawa hanggang tatlong oras ay hindi ako kakain ng mga itlog.” Seseryosohin nila ito at babaguhin nila ang nakasanayan nilang paraan ng pagkain. Gayumpaman, hindi ito paniniwalaan ng ilang tao. Sasabihin nilang, “Nalason dahil magkasabay kinain ang itlog at kamote? Imposible iyon. Kakainin ko nang sabay ang mga iyon, at tingnan mo kung malalason ako o hindi!” Anong klaseng tao ito? (Buktot ito.) Sa tingin Ko ay ubod ng sama ang taong ito! Sinasabi Ko ang bagay na ito, pero iginigiit nilang kainin ang mga iyon nang sabay; hindi ba’t ubod ng sama ito? Partikular nilang sinasalungat, kinontra, at nilalabanan kung ano ang tama, wasto, at positibo—buktot ito. Pinahahalagahan ng tiwaling sangkatauhan ang kabuktutan at kapangyarihan. Anumang baluktot na pangangatwiran ang ilabas ng mga diyablo at Satanas, walang pag-aatubili itong matatanggap ng mga tao, samantalang nagpapahayag ng maraming katotohanan ang Diyos, pero ayaw ng mga taong tanggapin ang mga iyon at bumubuo pa nga sila ng maraming kuru-kuro. Narito pa ang isang halimbawa. Sa

maraming liblib na lugar sa Estados Unidos, may mga primitibong kagubatan kung saan madalas gumagala ang mababangis na hayop. Ipinapayo na magkaroon ng kasama kapag lalabas, at pinakamabuting huwag nang lumabas sa gabi maliban na lang kung kinakailangan. Kung kailangan mong lumabas, kailangan mong gumawa ng mga pag-iingat, lumabas kang may kasama, o magdala ng sandatang pamprotekta sa sarili—mas mabuti nang ligtas kaysa magsisi. Sinasabi ng ilang tao, “Walang mangyayari; poprotektahan ako ng Diyos.” Hindi ba’t pagsubok ito sa Diyos? Ang gumawa ng mga pag-iingat ay ang dapat gawin ng mga tao. May ulo, puso, at espiritu ka, kaya bakit mo iginigiit ang pagpoprotekta ng Diyos? Huwag mong subukin ang Diyos. Gawin mo ang dapat mong gawin. Kung magkataong may makaharap kang mabangis na hayop na hindi kayang labanan maski ng isang grupo ng apat o limang katao pa, puwede ka pa ring makaligtas—pagpoprotekta iyon ng Diyos. May ilang tao na talagang nakakita ng mga lobo at nakarinig ng umaalulong na mga lobo at umuungol na mga oso, na nagpapatunay na may nabubuhay na ganitong mababangis na hayop. Kaya, kapag sinabi Kong huwag nang lumabas sa gabi dahil madali lang makatagpo ng mababangis na hayop, gawa-gawa Ko lang ba ang mga ito? (Hindi.) Hindi Ko sinusubukang takutin ang mga tao. Pagkatapos itong marinig ng ilang tao, sinasabi nilang, “Dapat akong mas mag-ingat. Hahanap ako ng makakasama kapag lalabas, o magdadala ako ng sandatang pananggalang, para lang kung sakaling may makaharap akong mababangis na hayop.” Pagkarinig dito ng ilang tao, sineseryoso nila ito, pinaniniwalaan at tinatanggap nila ito, at pagkatapos ay isinasagawa nila ang sinabi Ko. Ito ay simpleng pagtanggap; wala nang mas dadali pa rito. Gayumpaman, may isang klase ng taong tumatangging makinig. Sinasabi niya, “Bakit hindi pa ako kailanman nakakita ng isang mabangis na hayop? Nasaan ang mga iyon? Hayaan mong lumabas kahit isa; kokomprontahin ko iyon at tingnan natin kung sino ang mas mabangis. Ano bang nakakatakot sa mababangis na hayop? Mga duwag lang kayong lahat at may maliit na pananalig. Tingnan ninyo ang pananalig ko; hindi ako takot sa mga oso!” Sinasadya nilang lumabas nang sila lang, palakad-lakad lang nang walang dahilan. Pagkatapos kumain, kailangan nilang lumakad sa labas at iginigiit nilang lumabas mag-isa. Kapag iminungkahi ng iba na humanap sila ng makakasama nila, isinasagot nila na, “Hindi na, bakit ko kailangan ng kasama? Pagmumukhain akong walang saysay ng kasama ko! Ako na lang mag-isa ang lalabas!” Kailangan nila itong subukan. Anong klaseng tao ito? Ni huwag na nating pag-usapan pa kung may makakaharap ba silang mababangis na hayop o wala; hindi ba’t may problema sa kanilang saloobin pagdating sa mga usaping ito? (Oo, mayroon.) Anong problema? (Buktot ang disposisyon ng gayong tao.) Subukan mong makipag-usap sa kanila tungkol sa mga seryosong usapin, at tatrathin nila itong katatawanan. May saysay pa ba na makipag-usap sa ganitong tao? Mas malala pa sa mga hayop ang ganitong mga tao; hindi na kailangang mag-abala pa sa kanila.

Katatalakay lang natin ngayon sa katunayan na ang mga taong may buktot na disposisyon ng mga anticristo ay masyadong sensitibo sa kaalaman, karunungan, mga

kaloob, at ilang espesyal na talento; partikular nilang hinahangaan at pinahahalagahan ang mga may espesyal na talento; at talagang hangang-hanga at sumusunod sila sa sinasabi ng mga gayong tao. Ano ang saloobin nila sa karaniwang kaalaman, mga kabatiran, at tunay na karunungan na kapaki-pakinabang sa mga tao at na kailangang taglayin ng mga may normal na pagkatao, o sa mga praktikal at positibong bagay na nauunawaan ng normal na kaisipan ng tao? Hinahamak nila ang mga iyon, hindi binibigyang-pansin. Tuwing pinagbabahaginan sa mga pagtitipon ang mga salita at katotohanang ito, ano ang ginagawa nila? Nagkakamot sila ng ulo, ang ilan sa kanila ay medyo nakapikit ang mga mata, mukhang manhid at mapupurul ang utak, at ang iba ay mukhang lumilipad ang isip. Habang mas lalong tinatalakay ng sambahayan ng Diyos ang mga seryosong usapin, mas lalo silang hindi nagiging interesado. Habang mas lalo itong nagbabahagi tungkol sa katotohanan, mas lalo silang inaantok at nakakatulog. Kitang-kita na wala man lang interes ang mga taong ito sa katotohanan. Hindi ba't hindi na matutubos pa ang mga hindi mananampalatayang ito? Nang nasa relihiyon sila, may ilang tao na nasiyahan lang sa pakikinig sa iba na magsalita ng iba't ibang wikang hindi naman nila pinag-aralan o sa pagsaksi sa mga kakaibang bagay, at sumisigla agad ang espiritu nila kapag nakakakita ng mga kamangha-manghang bagay. Kapag nakikita Ako ng ilang tao, gustong-gusto nilang sabihin na, "Nagtapos ako ng bachelor's degree at nag-major sa pilosopiya. Anong pinag-aralan mo?" Sinasabi Ko na, "Wala Akong pinag-aralang kahit anong partikular na paksang-aralin; kaya Ko lang makaunawa ng ilang karakter at magbasa ng mga aklat." Sinasabi nila, "Kung ganoon, wala kang binatbat." Sumasagot Ako na, "Walang silbi ang paghahambing dito, pero magbahaginan tayo nang saglit—may mga pinagdadaanan ka bang hirap ngayon?" Paano sila sumasagot? "Hmmp, ano bang pinagdadaanan kong hirap? Wala akong pinagdadaanang hirap. Napakaayos kong nagagawa ang mga tungkulin ko!" Kapag nakikipagbahaginan sa kanila tungkol sa katotohanan, nawawalan sila ng interes, humihikab at naluluha sila, na para bang sinasapian ng multo. Kung magpapatuloy Ako para ilantad ang kanilang tiwaling disposisyon, basta na lang nilang kinuha ang tasa nila at umalis, ayaw nang makinig. Habang mas sinusubukan Ko silang makasundo at makausap bilang kapantay, mas hinahamak nila Ako. Hindi ba't kabiguan itong pahalagahan ang kabutihang-loob? May isang taong marunong magmaneho. Tinanong Ko siya, "Ilang taon ka nang nagmamaneho?" Sinabi niya, "Bumili ako ng kotse pagkatapos kong magtrabaho sa loob ng dalawang taon pagkatapos ng kolehiyo." Sinabi Ko, "Kung ganoon, ilang taon ka na ring nagmamaneho. Hindi Ko pa rin alam kung paano magmaneho." Hindi ba't pakikitungo nang pantay ang pagsasabi nito? Hindi ba't pag-uusap ito ng mga taong may normal na pagkatao? (Oo, ganoon nga.) Pagkarinig dito, sinabi niya, "Ha? Hindi ka pa rin marunong magmaneho? Kung ganoon anong kaya mong gawin?" Sinabi Ko, "Wala Akong masyadong kayang gawin. Ang pagsakay lang sa kotse ang alam Ko." Tinanong Ko siya, "Anong tungkulin ang ginagawa mo ngayon?" Sinabi niyang, "Nagtatrabaho ako sa finance at accounting. Puno ng numero ang utak ko. Noong nasa

kolehiyo ako, napakahusay ko sa matematika at pinakamagaling ako sa mga siyensiya. Puwede akong makapasok sa Unibersidad ng Tsinghua o Peking.” Sinabi Ko, “Mapurol Ako sa matematika. Sumasakit ang ulo Ko sa numero. Mas gusto Kong mag-aral ng mga salita, matuto ng mga bokabularyo, mga ganoong bagay.” Sinabi niya, “Walang saysay na matutuhan iyan. Sa pangkalahatan, ang mga taong nag-aaral ng liberal arts ay walang kinabukasan.” Tingnan ninyo ang sinabi niya. May normal na katwiran ba ng tao rito? (Wala.) Nang makipag-usap at makisalamuha Ako sa kanya sa mahinahon at magiliw na paraan, hindi niya matrato nang tama ang bagay. Sa halip, hinamak at minaliit niya Ako. Kung nakaharap niya ang isang taong may katayuan o kaalaman, maaaring iba ang nangyari. Pagkatapos magkasama nang kaunting panahon, mararamdaman na niyang, “Naging pamilyar na ako sa diyos, nakakuwentuhan ko na siya, at nakaugnayan ko na siya.” Aakalain niyang may kaunting kapital na siya ngayon. Kasunod nito, magbabago na ang tono niya. Minsan, tinanong Ko siya, “Narinig Kong may isang ayaw nang gawin ang mga tungkulin niya at gusto nang umuwi. Umuwi na ba ang taong iyon?” Sumagot siya na, “Ah, ang taong iyon? Hindi niya kailanman binalak na umuwi!” Anong klaseng tono ito? Nagbago na ba ito? Noong una Ko siyang makilala, pakiramdam niya ay hindi niya Ako matimbang: magalang siya at umaasal nang maayos, nagpapakumbaba. Ngayong mas pamilyar na siya, lumaki na ang ulo niya. Anong klaseng tono ito? Sa kanyang pakikipag-usap sa Akin, mayroon na siyang kaunting paglaban, kawalan ng pakialam, pagbabalewala, at saloobin ng pangmamaliit at panghahamak. Anong klaseng disposisyon ito? Kabuktutan ito. Isa ba siyang taong may normal na pagkatao? (Hindi.) Kaya ng isang ordinaryo at normal na taong makipag-usap at makipagkuwentuhan sa iyo nang normal—ito ang pinakanormal na bagay. Kung aapihin, sisiilin, o mamaliitin ka niya, anong pakiramdam mo? Ang pagtrato ba sa iyo nang ganito ay nagpapakita ng anumang normal na pagkatao sa kanya? Sabihin ninyo sa Akin, kung ang isang taong gaya nito ay nakaharap ang isang taong kilala sa mundo, isang taong may katayuan at reputasyon, o ang kanyang boss o nakatataas, maglalakas-loob ba siyang harapin ang taong iyon nang ganito? Hindi siya maglalakas-loob. Masigasig siyang dadapa, gagamit ng mga titulo gaya ng nakabababa, pinangangasiwaan, tagapaglingkod, simpleng tao, karaniwang tao, o mababang tao para tukuyin ang sarili niya at makipag-usap sa mga taong ito. Sa mga walang pananampalataya, sinusupil ng matataas na opisyal ang mga taong nakabababa sa kanila, at dahil hamak ka, sinong makikipag-usap sa iyo nang mahinahon at magiliw? Kahit pa makipag-usap sila sa iyo paminsan-minsan kapag masaya sila, wala silang pagpapahalaga sa iyo; itinuturing ka nilang mas mababa sa tao, pinaglalaruan ka nang walang dahilan. Kapag nagsasalita at nakikipagkuwentuhan Ako sa taong ito sa isang mahinahon at magiliw na paraan, bukod sa hindi Ako nakakatanggap ng positibong tugon, hinahamak, minamaliit, minamata, at kinukutya pa Ako. Iyon ba ay dahil may mali sa paraan ng pakikisalamuha Ko sa taong iyon o dahil may problema sa disposisyon niya? (Iyon ay dahil masyadong mapagmataas ang disposisyon ng taong ito.) Tama, iyon nga ang iniisip Ko. Pareho ang

trato Ko sa lahat, kaya bakit tumutugon ang iba nang tama, samantalang ang iba ay hindi? Sa pangkalahatan, puwedeng hatiin ang mga tao sa dalawang kategorya: Ang mga may pagkatao na alam kung paano respetuhin ang iba, maunawaan ang kanilang relasyon sa Diyos, at malaman kung sino sila, at ang mga buktot at mapagmataas, na walang kaalaman sa sarili. Sabihin ninyo sa Akin, anong tawag sa isang bagay na nakasuot ng balat ng tao pero hindi naman alam kung sino siya? Iyon ay isang hayop na walang pagkamakatwiran. Sa isa pang pagkakataon, tinanong Ko siya, “Anong nangyari sa bagay na ibinilin Kong asikasuhin mo ilang araw na ang nakakalipas? Inasikaso mo ba ang mga iyon?” Sumagot siya na, “Anong sinasabi mo?” Sinabi Ko, “Iyong ilang bagay na iyon, iningatan mo ba ang mga iyon? Naasikaso ba ang mga iyon?” Dalawang beses Ko siyang pinaalalahanan, at sa wakas ay naalala niya, “Ah, ang mga iyon ba ang sinasabi mo? Matagal nang naasikaso ang mga iyon.” Anong klaseng tono ang ipinahihiwatig ng unang salita na, “Ah”? Muli, tono ito ng pangmamata, lumalabas na naman ang kanyang maladiyablong kalikasan. Hindi pa rin nagbabago ang kalikasan niya; ganoong uri lang siya ng walang hiyang tao. Patuloy Ko siyang tinanong kung paano niya ito inasikaso, at sumagot siya na, “May ilang tao na tiningnan ito at inasikaso ito nang ganoon,” nang wala nang higit pang detalye. Kung sinubukan Kong magtanong pa ng detalye, kahit na usisain Ko pa ang mga iyon, wala Akong mapapala. Nagtagubilin Ako sa kanyang asikasuhin ang isang gampanin; wala ba Akong karapatang makaalam? (Oo.) Kung gayon, ano ang responsabilidad niya? Pagkatapos niyang tanggapin ang gampanin mula sa Akin, hindi ba’t kailangan niyang mag-ulat kung paano niya ito inasikaso? (Oo.) Pero hindi siya nag-ulat, at wala Akong nakuhang balita sa buong panahong iyon. Nakapagpadala lang ako ng isang tao para magtanong kung paano inasikaso ang bagay na ito, pero ganoon pa rin, wala pa ring tugon. Sa puso Ko, inisip Ko, “Sige, tatandaan kita. Hindi ka mapagkakatiwalaan. Hindi Ko maipagkakatiwala ang kahit na ano sa iyo. Masyado kang walang kredibilidad!” Anong klaseng diyablo ito? Ano ang disposisyon ng gayong tao? Kabuktutan. Kapag tinatrato mo siya bilang kapantay, kapag magalang mong tinatalakay sa kanya ang mga bagay-bagay, at sinusubukan mong maging palakaibigan, ano ang tingin niya roon? Nakikita niya iyon bilang kawalang kakayahan at kahinaan mo, na madali kang apihin. Hindi ba’t kabuktutan ito? (Oo, ganoon nga.) Ito ay lubos na kabuktutan. Bagama’t hindi laganap ang ganitong buktot na tao, umiiral sila sa bawat iglesia. Matigas, mapagmataas, at tutol sa katotohanan ang puso nila, at malulupit ang disposisyon nila. Ang mga mismong disposisyon at pag-uugaling ito ang nagpapatunay na buktot ang mga ganitong tao. Bukod sa ayaw nila sa mga positibong aspekto ng normal na pagkatao, gaya ng kabaitan, pagpaparaya, pasensiya, at pag-ibig, sa kabaligtaran ay nagkikimkim sila ng diskriminasyon at paghamak sa puso nila. Ano ang nasa kaibuturan ng puso ng mga gayong tao? Kabuktutan. Labis silang buktot. Ito ang isa pang pagpapamalas ng kabuktutan ng mga anticristo.

Ngayon, ang nilalaman ng ating pagbabahaginan tungkol sa mga buktot na pagpapamalas ng mga anticristo ay medyo naiiba mula sa naunang dalawang pagbabahaginan, at

binibigyang-diin ng bawat isa ang isang aspekto. Sabihin ninyo sa Akin, sa kaibuturan ng puso ng mga anticristo, pinapahalagahan nila ang kaalaman, karunungan, mga kaloob, at mga espesyal na talento—nakararamdam sila ng malalim na pagpapahalaga sa mga bagay na ito—kaya, may tunay ba silang pananalig sa Diyos? (Wala.) Maaaring sabihin ng ilan na paglipas ng panahon ay maaaring magbago sila. Magbabago ba sila? Hindi, hindi sila magbabago, hindi nila kaya. Nasa kalikasan nila ang hamakin ang pagpapakumbaba at pagiging tago ng Diyos, ang Kanyang tunay na pagmamahal, ang Kanyang katapatan, at ang Kanyang awa at malasakit para sa sangkatauhan. Ano pa? Hinahamak nila ang pagiging normal at praktikal ng pamumuhay ng Diyos kasama ng mga tao at, bukod pa rito, hinahamak nila ang lahat ng katotohanang walang kinalaman sa kaalaman, karunungan, siyensiya, at mga kaloob. Puwede bang maligtas ang mga gayong tao? (Hindi, hindi puwede.) Bakit hindi sila puwedeng maligtas? Dahil hindi ito panandaliang pagpapakita ng ilang tiwaling disposisyon; pagpapakita ito ng kanilang kalikasang diwa. Gaano man sila payuhan ng iba o gaano mang katotohanan ang ibahagi sa kanila, wala sa mga ito ang makakapagbago sa kanila. Hindi ito isang pansamantalang libangan, kundi isang malalim na pangangailangan sa loob nila para sa mga ito. Dahil mismo sa kailangan nila ng kaalaman, karunungan, mga kaloob, at mga espesyal na talento, tinutulutan sila nitong pahalagahan ang mga ito. Anong ibig sabihin ng pagpapahalaga? Nangangahulugan ito ng pagiging handang sumunod at kamtin ang mga ito anuman ang kabayaran, iyon ang ipinahihiwatig ng pagpapahalaga. Alang-alang sa pagkamit sa mga ito, handa silang magtiis ng pagdurusa at magbayad ng anumang halaga upang kamtin ang mga iyon, dahil iyon ang mga pinahahalagahan nila. Sinasabi pa nga ng ilan, “Anumang ipagawa sa akin ng diyos ay ayos lang. Kaya kong mapalugod ang diyos, basta’t hindi niya hihinging hangarin ko ang katotohanan.” Inaasam nila ito. Hindi kailanman tatanggapin ng mga taong ito ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan; kahit pa mahinahon silang umupo roon at makinig sa mga sermon at magbasa ng mga salita ng Diyos, ang nakakamit nila sa mga ito ay hindi ang katotohanan. Ito ay dahil palagi nilang sinusukat ang mga salita ng Diyos sa mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao, pinag-aaralan ang mga salita ng Diyos gamit ang mga teolohikal na kaalaman, kaya nagiging imposibleng matamo nila ang katotohanan. Umaasa silang magkamit ng kaalaman, karunungan, at ilang uri ng impormasyon o hiwaga mula sa mga salita ng Diyos—isang klase ng karunungang inaasam at hinahanap nila, na hindi alam ng mga tao. Pagkatapos matamo ang karunungang ito na hindi alam ng mga tao, lumilibot sila at nagpapakitang-gilas, walang saysay silang umaasa na armas at balutin ang sarili nila gamit ang karunungan at kaalamang ito para makapamuhay sila nang mas kagalang-galang at mas makabuluhang buhay, magkaroon ng higit pang prestihiyo at mas mataas na katayuan sa mga tao, at para mas mapapaniwala at mas mapasamba pa nila sa kanila ang mga tao. Kaya, walang kapaguran nilang ipinagmamalaki ang ilang makabuluhang bagay na kanilang nagawa, ang mga bagay na itinuturing nilang maluwalhati, pati na rin ang mga bagay na sa paniwala nila ay kahanga-hanga, na

maipagyayabang nila at magagamit para maipangalandakan ang kanilang sariling kakayahan at pagiging natatangi. Saanman sila pumunta, ipinangangaral nila ang mga pare-parehong teorya. Gaano man magbasa ng mga salita ng Diyos o dumalo sa mga pagtitipon at makinig sa mga sermon ang mga taong ito, hindi nila mauunawaan ang katotohanan. Kahit na makaarok pa sila ng kaunting katotohanan, hinding-hindi nila ito isasagawa. Ito ang diwa ng mga gayong tao, at ito ay isang bagay na hindi kayang baguhin ninuman. Ito ay dahil likas na pinagkalooban sila ng isang bagay na wala sa iba, at ang minamahal nila ay may kinalaman sa kanilang buktot na diwa—ito ang kanilang nakamamatay na kahinaan. Nakatakda silang huwag tanggapin ang katotohanan, nakatakda silang sumunod sa landas ni Pablo, at nakatakda silang salungatin ang katotohanan at ang Diyos hanggang sa wakas. Bakit ganoon? Dahil hindi nila minamahal ang katotohanan; hindi nila ito kailanman tatanggapin.

Naranasan na ba ninyo ang kabuktutan ng mga anticristo? May ganito bang mga tao na nakapaligid sa inyo? Nakaugnayan na ba ninyo ang mga gayong tao? Bakit ba tayo gumugol ng oras sa ilang pagtitipon na tinatalakay ang paksang ito? Kadalasan, kapag pinag-uusapan ng mga tao ang pagkilala sa kanilang sarili, madalas Kong naririnig na binabanggit nila ang mga disposisyon ng pagmamataas, pagmamatuwid sa sarili, at panlilinlang. Gayumpaman, madalang na marinig ang mga taong pinag-uusapan ang kabuktutan. Ngayon, habang pinagbabahaginan natin ang buktot na disposisyon, madalas Kong marinig na sinasabi ng mga tao na ang disposisyon ng isang tao ay buktot. Para bang may kaunti na kayong nauunawaan. Dati, kapag pinag-uusapan ng mga tao ang pagkilala sa sarili, palagi nilang sinasabi ang pagmamataas. Kung titingnan ito ngayon, aling disposisyon ang mas matindi, pagmamataas o kabuktutan? (Ang kabuktutan.) Tama. Dati, hindi nababatid ng mga tao ang tindi ng problema sa kabuktutan. Sa katunayan, ang disposisyon at diwa ng kabuktutan ay mas matindi kaysa sa pagmamataas. Kung ang disposisyon at kalikasang diwa ng isang tao ay lubhang buktot, sasabihin Ko sa iyo, kailangan mong iwasang makipag-ugnayan sa kanya—lumayo ka sa kanya. Hindi tatahakin ng mga gayong tao ang tamang landas. Anong mga pakinabang ang makakamit mo sa pakikihalubilo at pagpapanatili ng ugnayan sa mga taong buktot? Kung walang mga pakinabang, pero may “antibodies” ka para labanan ang kabuktutan nila, maaari kang makisalamuha sa kanila. Nakakasigurado ka ba rito? (Hindi.) Bakit mo kailangang iwasang makisalamuha sa mga gayong tao kung hindi ka nakakasiguro? Dahil sa likod ng kabuktutan, may dalawa pang ibang bagay—ang pagiging lihim na mapanira at panlilinlang. Karamihan sa mga taong walang pagkaunawa sa katotohanan at walang karanasan at kabatiran ay madaling mailigaw. Magagapi ka lang nila, at sa huli, magiging bihag ka nila. Puwedeng sa dalawang paraan ka nila mabihag: Puwedeng hindi mo sila matalo, at hindi ka kumbinsido sa puso mo, pero dahil sa pangangailangan, kailangan mong magpasakop sa kanila sa salita; o, may isa pang paraan kung saan ikaw ay ganap nilang napasunod. Ito ay dahil sa may isang bagay na hindi alam ng mga tao sa buktot na kalikasan ng mga anticristo: Kaya ng mga anticristo

na gumamit ng iba't ibang pamamaraan, pananalita, teknika, estratehiya, paraan, at baluktot na pangangatwiran para kumbinsihin kang makinig sa kanila, para paniwalain kang tama, wasto, at positibo sila, at kahit pa sila ay gumagawa ng kasamaan, lumalabag sa mga katotohanang prinsipyo, at nagpapakita ng mga tiwaling disposisyon, sa huli ay babaligtarin nila ang mga bagay-bagay at papaniwalain ang mga taong tama sila. May ganito silang abilidad. Ano itong abilidad na ito? Ito ay ang pagiging labis na mapanlihis. Ito ang kabuktutan nila, na masyado silang mapanlihis. Sa puso nila, ang mga bagay na gusto nila, ayaw nila, tinututulan nila, at pinapahalagahan at sinasamba nila ay nabubuo dahil sa ilang baluktot na pananaw. May mga teorya sa mga pananaw na ito, na lahat ay baluktot na pangangatwiran na tila ba makatwiran, na mahirap pabulaanan ng mga ordinaryong tao dahil hindi man lang nila tinatanggap ang katotohanan at kaya pa nga nilang maglahad ng mga komplikadong argumento para sa mga sarili nilang pagkakamali. Kung walang katotohanang realidad, hindi mo sila makukumbinsi sa pamamagitan ng pagbabahagi ng katotohanan sa kanila. Ang pinakaresulta nito ay gagamitin nila ang kanilang mga hungkag na teorya para pabulaanan ka, na wala kang maisagot, hanggang sa unti-unti kang nagpapadala sa kanila. Ang kabuktutan ng gayong mga tao ay matatagpuan sa katunayang masyado silang mapanlihis. Malinaw na wala silang kuwenta at ginugulo nila ang lahat ng tungkuling ginagawa nila; pero, sa huli, kaya pa rin nilang mailigaw ang ilang tao na sambahin sila, na “lumuhod” sa kanilang paanan, at ginagawang masunurin ang mga tao sa kanila. Ang ganitong klaseng tao ay kayang gawing tama ang mali, na maging puti ang itim. Kaya nilang pagbaligtarin ang katotohanan at kasinungalingan, isisi sa iba ang mga pagkakamaling ginawa nila, at kunin ang papuri para sa mabubuting gawa ng iba na para bang sila ang gumawa ng mga iyon. Sa paglipas ng panahon, nalilito ka na, hindi mo alam kung sino ba talaga sila. Kung huhusgahan batay sa kanilang mga salita, kilos, at anyo, maaaring isipin mo, “Ekstraordinaryo ang taong ito; hindi natin siya mapapantayan!” Hindi ba’t ito ay pagkalihis? Ang araw na malilihis ka ay ang araw na manganganib ka. Hindi ba’t masyadong buktot ang ganitong klase ng tao na inililigaw ang iba? Sinumang nakikinig sa mga salita nila ay puwedeng iligaw at guluhin, at mahihirapang makabangon muli nang ilang panahon. Kaya ng ilang kapatid na kilatisin at makitang mga nangliligaw ang mga taong ito, kaya nilang ilantad at tanggihan ang mga ito, pero ang mga nailigaw na ay maaaring ipagtanggol pa nga ang mga ito, at sabihing, “Hindi, hindi patas ang sambahayan ng diyos sa kanya; dapat akong manindigan para sa taong ito.” Anong problema rito? Malinaw na nailigaw na sila, pero ipinagtatanggol at binibigyang-katwiran nila ang nagligaw sa kanila. Hindi ba’t ang mga taong ito ay nananampalataya sa Diyos pero sumusunod sa isang tao? Sinasabi nilang nananampalataya sila sa Diyos, pero bakit nila sinasamba nang ganoon ang taong ito at talagang ipinagtatanggol ito? Kung hindi nila matukoy ang gayong halatang bagay, hindi ba’t nailigaw na sila hanggang sa isang antas? Nailigaw na ng anticristo ang mga tao hanggang sa puntong wala na silang wangis ng tao o nagtataglay ng kaisipang sumusunod sa Diyos; sa halip, sumasamba at sumusunod sila sa anticristo. Hindi ba’t

ipinagkakanulo ng mga taong ito ang Diyos? Kung nananampalataya ka sa Diyos, pero hindi ka pa Niya nakakamit, at nakamit na ng anticristo ang puso mo, at buong puso kang sumusunod dito, pinatutunayan nitong naagaw ka na nito mula sa sambahayan ng Diyos. Sa sandaling umalis ka sa pangangalaga at proteksiyon ng Diyos, mula sa sambahayan ng Diyos, puwede kang manipulahin at paglaruan ng anticristo ayon sa gusto niya. Pagkatapos ka niyang paglaruan, ayaw na niya sa iyo, at ibang tao naman ang ililigaw niya. Kung patuloy kang makikinig sa mga salita niya at mapapakinabangan ka pa niya, maaaring hayaan ka niyang sumunod nang kaunti pa. Gayumpaman, kung wala na siyang nakikitang mapapakinabangan sa iyo, hindi ka na niya pahahalagahan, pagkatapos ay itatapon ka na niya. Makakabalik ka pa rin ba sa pananampalataya sa Diyos? (Hindi na.) Bakit hindi ka na puwedeng manampalataya pa? Dahil nawala na ang panimulang pananalig mo; naglaho na ito. Ganito iniligaw at pinipinsala ng mga anticristo ang mga tao. Ginagamit nila ang kaalaman at karunungan na sinasamba ng mga tao, kasama na ang kanilang mga kaloob, para iligaw at kontrolin ang mga tao, gaya ni Satanas na iniligaw sina Adan at Eba. Anuman ang kalikasang diwa ng mga anticristo, anuman ang gusto, kinamumuhian, at pinapahalagahan nila sa kanilang kalikasang diwa, iisa lang ang sigurado: Ang gusto nila at ang ginagamit nila para iligaw ang mga tao ay salungat sa katotohanan, walang kinalaman sa katotohanan, at kontra sa Diyos—ito ang sigurado. Tandaan ninyo ito: Hindi kailanman magiging kaayon ng Diyos ang mga anticristo.

Sabihin ninyo sa Akin, aling mga tao ang nagpapakita ng mga tanda at marka ng kabuktutan ng mga anticristo? (Ang mga taong may mga kaloob.) Sino pa? (Ang mga gustong magpakitang-gilas.) Iyong mga gustong magpakitang-gilas, hindi pa iyon ganoon kabuktot. Kahit na maaaring gusto nilang magpakitang-gilas, wala silang pagnanais na kontrolin ang iba, hindi pa sila ganoon kalala—ito ay isang tiwaling disposisyon. Isaalang-alang ninyo ito nang detalyado: Aling mga tao ang nagpapakita ng mga tanda at marka na nagbibigay-daan sa iyong matuklasan nang maaga mula sa iba't ibang pag-uugali at pahiwatig nila na ang kasumpa-sumpang taong ito ay isang anticristo? (Ang mga mapagmataas na tao na gustong-gusto ang katayuan.) Ang pagmamataas at pagkagusto sa katayuan ay may kaugnayan, pero hindi pa rin ito sapat. Hayaan ninyong may talakayin Akong isang bagay at pakinggan at tingnan ninyo kung napakahalaga ba o hindi ang puntong ito. Ang ilang tao ay palaging naglalahad ng mga pananaw na naiiba sa katotohanan at sa mga positibong bagay. Sa panlabas, maaaring para bang gusto nila palaging magpasikat at mamukod-tangi sa iba, pero hindi naman talaga ganoon. Maaaring ang mga pananaw nila ay nagiging sanhi ng gayong panlabas na pag-uugali. Sa katinayan, kung talagang ganoon ang kanilang mga pananaw, magkakaroon ng seryosong problema. Halimbawa, kapag magkakasamang nagbabahaginan ang lahat, at sinasabing, “Dapat nating tanggapin ang bagay na ito mula sa Diyos. Kung hindi tayo nakauunawa, dapat na magpasakop muna tayo,” at sumasang-ayon ang lahat dito, tama ba ang pananaw na ito? (Oo, tama ito.) Lihis ba ang prinsipyong ito ng pagsasagawa?

(Hindi.) Kung gayon, anong klaseng mga salita ang sinasabi ng mga tao na nagpapakita na mayroon silang mga tanda at marka ng buktot na disposisyon ng isang anticristo? “Ang pagpapasakop ay isang bagay, pero hindi ba’t kailangan mong maunawaan kung anong nangyayari? Hindi ba’t kailangan mong seryosohin ang lahat ng bagay? Hindi ka puwedeng magpasakop nang may magulong pag-iisip; hindi hinihingi ng diyos na magpasakop tayo nang kaswal.” Hindi ba’t isang klase ito ng argumento? (Oo, ganoon nga.) Sinasabi ng ilang tao, “Kung may isang bagay tayong hindi nauunawaan, puwede tayong matiyagang maghintay, makipagbahaginan sa isang taong nakakaunawa. Sa ngayon ay wala sa atin ang nakakaunawa, at wala tayong makitang sinumang nakakaunawa na puwedeng makipagbahaginan. Kaya, magpasakop muna tayo.” Ano ang pananaw ng mga anticristo? “Kayong mga inutil, na nagpapasakop sa lahat ng bagay at nakikinig sa diyos sa lahat ng bagay. Makinig kayo sa akin! Bakit wala pang sinumang nagbanggit sa akin? Hayaan mong ilahad ko sa iyo ang isang malalim na opinyon!” Gusto nilang ibahagi ang mapagpasikat nilang mga pananaw. Salungat sila sa mga taong nagsasagawa ng katotohanan, salungat sila sa pagsunod ng mga ito sa mga katotohanang prinsipyo. Palagi nilang gustong magmataas, magsimula ng away, gumamit ng masasamang panloloko, magbahagi ng kanilang mapagpasikat na mga pananaw, at magpahanga ng mga tao. Hindi ba’t isa itong tanda ng buktot na disposisyon ng mga anticristo? Hindi ba’t ito ang marka nila? Bakit mali na magpasakop ang lahat ng tao? Kahit pa magpasakop sila nang may kahangalan—mali ba ito? Kokondenahin ba ito ng Diyos? (Hindi, hindi Niya ito kokondenahin.) Hindi ito kokondenahin ng Diyos. Anong karapatan nilang manligalig at magpasimuno ng kaguluhan? Kapag nakikita nilang nagpapasakop ang mga tao sa Diyos, nakakaramdam ba sila ng galit sa puso nila? Kapag nasasaksihan nilang nagpapasakop ang mga tao sa Diyos, sumasama ang loob nila, naghihinanakit sila dahil wala silang anumang napapakinabangan, dahil ang mga tao ay hindi sumusunod sa kanila, hindi nakikinig sa kanila, hindi humihingi ng payo sa kanila, kaya nalulungkot sila—sa puso nila ay lumalaban sila, iniisip na, “Kanino ka nagpapasakop? Nagpapasakop ka ba sa katotohanan? Ayos lang ang magpasakop sa katotohanan, pero kailangan natin itong pag-aralan. Kung gayon, ano ang katotohanan? Nagpapasakop ka ba sa tamang paraan? Hindi ba’t dapat kahit papaano ay nauunawaan mo muna ang pasikot-sikot nito?” Hindi ba’t ganito ang argumento nila? Anong sinusubukan nilang gawin? Gusto nilang manggulo, para iligaw ang mga tao. Ang ilang taong manhid, mapurol ang utak at hangal, pagkarinig nila rito ay naliligaw na sila, samantalang ang mga may pagkilatis ay pinabubulaanan ang mga ito, sinasabing, “Ano bang ginagawa mo? Nagseselos at naiinggit ka ba dahil nagpapasakop ako sa Diyos? Malungkot ka kapag nagpapasakop ako sa Diyos, pero natutuwa ka kapag sumusunod ako sa iyo? Tama lang ba kapag ang lahat ay sumusunod sa iyo, nakikinig sa iyo, at ginagawa ang anumang sinasabi mo? Umaayon ba sa katotohanan ang sinasabi mo?” Pagkakita nila rito, iniisip nila, “May pagkilatis ang ilang tao—sa ngayon ay maghihintay muna ako.” Sa madaling salita, kapag nagsasagawa ang lahat ayon sa mga katotohanang prinsipyo,

hindi sila makapaghintay na tumutol. Habang ang lahat ay mas lalong sumusunod sa Diyos, nagpapasakop sa mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos, nagsasagawa nang ayon sa mga salita ng Diyos, nangangasiwa sa mga bagay-bagay nang ayon sa mga pagsasaayos at prinsipyo ng gawain, mas lalo silang naaasiwa, nadidismaya, at naliligalig. Isa itong tanda ng buktot na diwa ng mga anticristo. Basta't ang lahat ng tao ay nakikinig sa mga salita ng Diyos, nagsasagawa ng katotohanan, at nangangasiwa sa mga bagay-bagay nang ayon sa mga prinsipyo, naaasiwa sila at hindi mapakali. Hindi ba't problema ito? (Oo, problema ito.) Kung walang sinumang nagbabasa ng mga salita ng Diyos, o kung nagbabasa sila pero hindi nila pinagbabahaginan ang mga iyon, kung sa mga anticristo lang sila nakikinig, natutuwa ang mga ito. Anong isyu ang inilalarawan nito? Hindi sila kailanman nagbabahagi tungkol sa mga salita ng Diyos. Basta't mahinahong pinagbabahaginan ng lahat ang mga salita ng Diyos, at nakikita ng mga anticristo na walang sinumang pumapansin sa kanila, na hindi sila pinakikinggan ng mga taong ito, na hindi nila mapasasamba sa kanila ang mga ito, na nanganganib ang katayuan nila, at nanganganib sila—doon sila nanliligalig at nagpapasimuno ng kaguluhan, nagmumungkahi sila ng mga maling paniniwala o panlilinlang para iligaw at guluhin ka, sinasanhi kang mag-alinlangan kung tama ba o mali ang katatalakay mo lang. Sa sandaling nauunawaan na sa wakas ng lahat ang isang bagay sa pamamagitan ng pagbabahagi, bibigkas sila ng ilang maladiyablong salita para manggulo. Hindi ba't ito ang buktot na disposisyon ng mga anticristo? Sa aling pagpapamalas tumutugma ang buktot na disposisyong ito? (Sa pagkamapanlaban sa katotohanan.) Mismo. Habang mas lalong nauunawaan ng lahat ng tao ang katotohanan, mas lalong nadidismaya ang mga ito. Hindi ba't pagkamapanlaban ito sa katotohanan? Hindi ba't magkatugma ito? (Oo, magkatugma ito.) May nakasalamuha na ba kayong ganitong mga tao? Habang ang lahat ay may pinagbabahaginanang isang bagay, matagal silang nananahimik. Sa huli, kapag may kalinawan sa pagbabahaginan, lumalabas sila, at pagkalabas nila ay naglalahad sila ng mapanghamong tanong para pahirapan ang mga taong ito. Ang layunin nila ay ang sabihing, "Hayaan ninyong ipakita ko sa inyo, ipapakita ko sa inyo ang kaya kong gawin! Pinagbabahaginan ninyo ang katotohanan, hindi kayo nakikinig sa akin, binabalewala ninyo ako, wala kayong pakialam sa akin, at hindi ninyo ako pinapansin, kaya magbibigay ako ng isang mahirap na katanungan sa inyo para pagbahaginan ninyo at magkagulo-gulo kayo!" Hindi ba't isang diyablo ito? (Oo, isa itong diyablo.) Isa itong diyablo, isang tunay na anticristo.

Tuwing naririnig ng ilang tao na negatibo at mahina ang isang tao, natutuwa talaga sila. Lalo na kapag may nakikita silang tao na gumugulo sa buhay iglesia, na gumagawa ng masasamang bagay para guluhin ang gawain ng iglesia, o may nasasaksihan silang isang taong pikit-matang nanggugulo—masayang-masaya sila, sabik na sabik na magsindi ng mga paputok at magdiwang. Anong problema sa mga ganoong tao? Bakit masyado silang tuwang-tuwa sa kasawiang-palad ng iba? Bakit, sa mahalagang sandaling ito, ay hindi nila kayang kumampi sa Diyos, na ipagtanggol ang mga interes

ng sambahayan ng Diyos? Hindi ba't mga hindi mananampalataya ang mga gayong tao? Hindi ba't mga alipin sila ni Satanas? Dapat ay pagnilayan ninyong lahat kung nagpapakita ba kayo ng mga gayong pag-uugali at tingnan din ninyo kung may mga ganito ring tao sa paligid ninyo at tingnan ninyo kung paano makikilatis ang mga gayong tao, lalo na kapag nakakakita kayo ng masasamang tao na gumagawa ng masasamang gawa—ano ang saloobin ninyo? Mga istambay lang ba kayo na nasisiyahan sa napapanood ninyo, o magagawa rin ba ninyong tahakin ang landas na ito? Ganoon ba kayong tao? Hindi pagninilayan ng ilang tao ang kanilang sarili sa ganitong paraan. Ayaw nilang makita ang kabutihan sa mga tao; mas gusto nila kapag mas masama kaysa sa kanila ang lahat ng tao—doon sila nagagalak. Halimbawa, kapag nakita nilang pinupungusan ang isang taong ginugugol ang kanyang sarili para sa Diyos, o kapag sumasalangsang ang isang taong tunay na nananampalataya sa Diyos, palihim silang nagsasaya at nagsasabing, “Hmph, dumating na rin ang araw mo. Ginugol mo ang sarili mo para sa diyos—kumusta naman ang kalagayan mo ngayon? Hindi ba't naagrabyado ka? Hindi ba't nagdusa ka ng kawalan? Anong saysay ng paggugol mo ng sarili mo? Palaging totoo ang sinasabi mo, at ngayon ay pinupungusan ka, hindi ba? Mabuti nga sa iyo!” Bakit sila masayang-masaya? Hindi ba't natutuwa sila sa kasawiang-palad ng iba? Hindi ba't hindi tama ang puso ng mga gayong tao? Kapag may nakita silang isang taong nagdudulot ng mga kaguluhan sa gawain ng sambahayan ng Diyos, masaya sila. Kapag nakikita nilang nagdurusa ng kawalan ang gawain ng sambahayan ng Diyos, masaya sila. Ano ang nagpapasaya sa kanila? Iniisip nila, “Sa wakas, may isang tao na, gaya ko, ay hindi minamahal ang katotohanan, na nagdulot ng kawalan sa mga interes ng sambahayan ng diyos, at hindi man lang niya sinisisi ang kanyang sarili.” Lyon ang nagpapasaya sa kanila. Hindi ba't buktot ito? (Oo.) Napakabuktot nito! May mga ganito bang tao sa inyo? May ilang tao na kadalasan ay ayaw humuni ng awit, pero kapag nakakita sila ng isang taong nagkakamali, bigla silang nagsisimulang kumanta, iniindak ang kanilang katawan, na mukhang tuwang-tuwa, at iniisip na, “Ngayon, sa wakas ay may maganda na akong balita. Ang saya ko, kakain ako ng dalawang ekstrang mangkok na kanin!” Anong klaseng disposisyon ito? Kabuktutan. Ni hindi sila luluha o malulungkot nang kahit isang segundo dahil nagdusa ng kawalan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Hindi nila sinisisi ang kanilang sarili, wala silang kalungkutan o pasakit. Sa halip, natutuwa at kontento sila dahil nauwi sa kawalan sa mga interes ng sambahayan ng Diyos ang kamalian ng isang tao at nagbigay ito ng kahihiyan sa pangalan ng Diyos. Hindi ba't kabuktutan ito? Hindi ba't isa itong tanda ng pagtataglay ng buktot na kalikasan ng mga anticristo? Isa rin itong tanda.

Sinasabi na ang ilang nasa mga pangkat ng taga-ebanghelyo ay mga bihasang magsalita. Ilang taon na silang nakapakinig ng mga sermon at nakapagbuod na sila ng mga doktrina, saan man sila pumunta ay makakapagmalaki sila, hindi sila nauubusan ng sasabihin kapag nangangaral sila, na ganap na nagpapakita ng kanilang mga kaloob at galing sa pagsasalita. Ang ilang tao ay nakikita ang mga gayong tao bilang mga

may kakayahan at nagpapasyang sumunod sa mga ito. Anong sinasabi nila sa huli? “Nakikinig kami sa pagbabahagi ng taong iyon, kaya hindi na namin kailangang makinig sa mga sermon mula sa ang itaas; hindi na rin namin kailangang makinig sa mga salita ng diyos. Ang pagbabahagi ng taong iyon ang kapalit ng mga iyon.” Hindi ba’t nasa panganib ang mga taong ito? (Oo.) Nasa matinding panganib ang mga taong ito. Gustong-gusto nila ang mga kilos at pag-uugali ng mga anticristo, pati na ang kawalang-hiyaan, kalupitan, at kabuktutan ng mga ito. Gustong-gusto nila ang mga gustong-gusto ng mga anticristo at tinututulan nila ang mga tinututulan ng mga anticristo. Minamahal nila ang kaalaman, pag-aaral, mga doktrina, at iba’t ibang teolohikal na teorya, maling paniniwala, at mga maling kaisipan na ipinangangaral ng mga anticristo. Sinasamba nila ang mga ito. Hanggang saang antas nila sinasamba ang mga ito? Kahit sa panaginip nila sa gabi, sinasabi nila ang mga salitang ito. Seryoso ba ito? Kapag umabot na ang pagsamba nila sa antas na ito, kaya pa rin bang sumunod ng mga taong ito sa Diyos? Maaaring sabihin ng ilan, “Mali iyon. Nasa iglesia pa rin sila, nananampalataya pa rin sila sa Diyos.” Wala pa silang pagkakataon. Kapag nakakita na sila ng tao o bagay na gusto nilang sambahin, kaya nilang iwan ang Diyos anumang oras. Hindi ba’t tanda ito ng pagtataglay ng buktot na diwa ng mga anticristo? (Oo.) Kaya ba ninyong kilatisin ang mga gayong tao kapag nakita ninyo sila? (Oo, kaya namin.) Dati, maaaring hindi ninyo pa nalalaman ang matinding kalikasan ng mga gayong bagay. Ngayon, kapag nakaharap na ninyo muli ang mga gayong tao, magkakaroon pa rin kaya kayo ng mga katanungan sa isip ninyo tungkol sa kanila? Babalewalain ba ninyo sila? (Hindi.) Kung gayon, nagkaroon na ba kayo ng kaunting pagkilatis sa mga gayong tao? (Oo, mayroon na ako.) Ito ang ilang tanda at impormasyong ibinubunyag nila. Ibig sabihin, kapag may oportunidad o katayuan na ang mga taong ito, o kapag iniligaw sila ng isang tao, kaya nilang ipagkanulo ang Diyos anumang oras, kahit saan. Kaya bang makita ng mga tao ang kanilang mga pagbubunyag at ang kanilang buktot na diwa? May ilan bang bakas na kayang makita ng mga tao? (Oo, mayroon.) Mayroon dapat. Kung hindi Ko ito nabanggit, maaaring isipin ninyo, “Sino ba ang nagpapakita ng ganitong mga marka? Sino ba ang nagpapakita ng mga tandang ito? Walang sinuman, wala pa akong nakitang sinuman.” Dahil sa pagtalakay Ko ng mga tandang ito, hindi ba’t natuklasan ninyo na may mga gayong tao? Ang ilan sa kanila ay mga tagasunod, at ang ilan ay mga lider at manggagawa. Ito ang ikatlong tanda ng pagtataglay ng buktot na diwa ng mga anticristo.

Ang mga taong nagtataglay ng buktot na diwa ng mga anticristo ay may isa pang natatanging tanda, isang bagay na mayroon silang lahat. Ang mga taong ito, sa ilalim ng pagkukunwari na minamahal ang katotohanan at inaasam ang tunay na daan, ay dumadalo sa mga sermon, natututo ng iba’t ibang kaalaman at nilalamang may kaugnayan sa katotohanan, at nagsasangkap ng mga teolohikal na teorya at kaalaman, pagkatapos ay ginagamit nila ang mga teorya at kaalamang ito para makipagtalo nang pasalita sa mga lider at manggagawa, ginagamit ang mga iyon para kondenahin ang ilang tao, para iligaw at hikayatin ang iba, at para pa nga magbigay ng diumano ay

panustos, tulong, at pagdidilig sa ilang tao. Gayumpaman, isang punto ang nagbibigay-linaw na hindi nila minamahal ang katotohanan. Ano ang puntong iyon? Iyon ay na kahit paano pa sangkapan ng mga taong ito ang sarili nila at mangaral, nagsasalita at bumibigkas lamang sila ng mga bagay-bagay, pinalalakas lang ang sarili nila, pero hindi nila kailanman pinangangasiwaan ang mga bagay-bagay ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Ano ang ibig sabihin ng “hindi kailanman”? Nangangahulugan itong hindi nila kayang magsalita ng kahit isang totoong salita, hindi sila kailanman naging tapat, at hindi kailanman nagbayad ng halaga na bitiwang ang mga kapakinabangan ng katayuan. Anuman ang okasyon, habang nagsasalita at gumagawa sila, palagi silang nagsisikap nang todo alang-alang sa pansarili nilang katanyagan, pakinabang, at katayuan. Kahit na sa panlabas ay tila nagbabayad sila ng halaga at nagmamahal sa katotohanan, hindi pa rin nagbabago ang buktot na diwa nila. Anong isyu rito? Sa isang banda, hindi kailanman hinahanap ng mga taong ito sa kanilang mga kilos ang mga katotohanang prinsipyo. Sa kabilang banda, kahit pa alam nila ang mga katotohanang prinsipyo at ang landas ng pagsasagawa, hindi nila isinasagawa ang mga iyon. Ito ay isang tanda na nagtataglay sila ng buktot na diwa ng mga anticristo. May katayuan man sila o wala, at ginagawa man nila ang kanilang tungkulin na ipangaral ang ebanghelyo o mga lider at manggagawa man sila, ano ang katangian nila? Kaya lang nilang malinaw na ipahayag ang mga tamang doktrina, pero hindi nila kailanman ginagawa ang mga tamang bagay. Iyon ang katangian nila. Mas malinaw sila magsalita ng mga doktrina kaysa sa iba, pero gumagawa sila ng mga bagay na mas malalala kaysa sa ginagawa ng iba—hindi ba’t buktot ito? Ito ang ikaapat na tanda ng pagtataglay ng buktot na diwa ng mga anticristo. Tingnan ninyo mismo ito, at suriin ninyo kung marami bang taong nakapalibot sa inyo ang may buktot na diwa ng mga anticristo. Pagkatapos Kong ilista ang mga ito, maaari ninyong timbangin kung marami bang ganoong taong nakapalibot sa inyo. Ilang porsiyento sila? Mas marami bang mga lider o mga ordinaryong mananampalataya? Hindi ba’t inisip ng ilan sa inyo dati na mga lider lang ang may pagkakataong maging mga anticristo? (Ganoon dati.) Kung gayon, nagbago na ba ngayon ang pananaw na ito? Ang mga anticristo ay hindi nagiging mga anticristo dahil may katayuan sila; ganito na sila kasumpa-sumpa kahit na wala pa silang katayuan. Dahil lang sa suwerte, kaya napabilang sila sa hanay ng mga lider, at mabilis na nalalantad ang kanilang mga totoong katangian bilang mga anticristo, gaya ng fungus na, dahil sa tamang temperatura at lupa, ay mabilis na nagfe-ferment, kaya nabubunyag ang totoong hitsura nito. Kung walang angkop na kapaligiran, maaaring mas tumagal pa nang kaunti bago mabunyag ang kalikasang diwa nila, pero ang mas mabagal na pagbubunyag na ito ay hindi nangangahulugang wala silang ganoong kalikasan. Kapag may ganoong kalikasan, hindi maiiwasang kikilos ang mga tao at magbubunyag ng mga bagay-bagay, at ang mga nabunyag na pag-uugaling ito ay mga tanda at marka ng buktot na diwa ng mga anticristo. Kapag may mga tanda at marka na sila, maaari na silang mailarawan bilang mga anticristo.

Sabihin ninyo sa Akin, ang pagsasagawa ba ng katotohanan at pangangasiwa sa mga bagay-bagay ayon sa mga katotohanang prinsipyo ay nangangailangan ng iba't ibang dahilan at basehan? (Hindi, hindi ito nangangailangan.) Basta't ang isang tao ay taos-puso, kaya niyang isagawa ang katotohanan. Ang mga tao bang hindi nagsasagawa ng katotohanan ay may iba't ibang maidadahilan? Halimbawa, kapag sila ay may ginagawang mali, sumasalungat sa mga prinsipyo, at iwinawasto ng iba, kaya ba nilang makinig? Hindi sila nakikinig. Ang katunayan bang hindi sila nakikinig ang nag-iisang isyu? Paano sila masasabing buktot? (Nag-iisip sila ng maidadahilan para mahikayat ka, para papaniwalain kang tama sila.) Hahanap sila ng pagpapakahulugan na naaayon sa mga kuru-kuro at imahinasyon mo, pagkatapos ay gagamit sila ng mga espirituwal na teorya na kaya mong kilalanin at tanggapin at na naaayon sa katotohanan para kumbinsihin ka, pasunurin ka sa kanila, at tapat kang papaniwalain na tama sila, para lang makamit ang layon nilang iligaw at kontrolin ang mga tao. Hindi ba't kabuktutan ito? (Oo.) Kabuktutan nga ito. Malinaw na sila ay may nagawang mali, sumalungat sa mga prinsipyo at katotohanan sa kanilang mga kilos, at nabigong isagawa ang katotohanan, pero nakakabuo sila ng isang set ng mga teoretikal na basehan. Talagang buktot ito. Parang lobo ito na kumakain ng isang tupa; nasa orihinal na kalikasan ng isang lobo na kumain ng tupa, at nilikha ng Diyos ang ganitong uri ng hayop para kumain ng tupa—tupa ang pagkain nito. Pero pagkatapos itong kainin, naghahanap pa rin ng iba't ibang maidadahilan ang lobong ito. May mga naiisip ba kayo tungkol dito? Iniisip ninyo, “Kinain mo ang tupa ko, at ngayon naman ay gusto mong isipin ko na dapat mo itong kainin, na makatwiran at naaangkop na kainin mo ito, at dapat pa nga kitang pasalamat.” Hindi ka ba nagagalit? (Oo, nagagalit ako.) Habang nagagalit ka, anong naiisip mo? Iniisip mo, “Masyadong buktot ang taong ito! Kung gusto mo itong kainin, sige gawin mo, ganoon ka naman; isang bagay ang kainin ang tupa ko, pero gumagawa ka pa ng maraming pangangatwiran at pagdadahilan, at hinihingi mong maging mapagpasalamat ako sa iyo bilang kapalit. Hindi ba't panggugulo ito sa tama at mali?” Ito ay kabuktutan. Kapag gustong kainin ng isang lobo ang tupa, ano ang nagiging pagdadahilan nito? Sasabihin ng lobo, “Maliit na kordero, ngayon ay dapat kitang kainin dahil gusto kong maghiganti sa iyo sa pang-iinsulto sa akin noong nakaraang taon.” Ang kordero, na naagrabyado, ay magsasabing, “Hindi pa nga ako ipinapanganak noong nakaraang taon.” Kapag napagtanto ng lobo na nagkamali ito sa pagsasalita at pagbibilang sa edad ng kordero, sasabihin nitong, “Kung gayon hindi ko na bibilangin iyon, pero kailangan pa rin kitang kainin dahil noong uminom ako sa ilog na ito, pinagputik mo ang tubig, kaya kailangan kitang gantihan.” Sasabihin ng kordero, “Nasa bandang ibaba ako ng ilog, at ikaw ang nasa itaas. Paano ko marurumihan ang tubig sa itaas? Kung gusto mo akong kainin, sige kainin mo ako. Huwag ka nang magdahilan pa ng kung ano-ano.” Iyon ang kalikasan ng lobo. Hindi ba't kabuktutan ito? (Oo.) Ang kabuktutan ba ng lobo ay kapareho ng sa malaking pulang dragon? (Oo.) Ang paglalarawang ito ay pinakaangkop sa malaking pulang dragon. Gustong arestuhin ng

malaking pulang dragon ang mga taong nananampalataya sa Diyos; gusto nitong kasuhan ng krimen ang mga taong ito. Kaya, lumilikha muna ito ng mga pagkukunwari, gumagawa ng mga tsismis, at pagkatapos ay ibinobroadcast sa mundo ang mga ito para patindigin ang buong mundo at kondenahin ka. Gumagawa ito ng maraming akusasyon sa mga nananampalataya sa Diyos, gaya ng “panggugulo sa kaayusan ng lipunan,” “pagbubunyag ng mga lihim ng estado,” at “pagpapabagsak sa kapangyarihan ng estado.” Nagpapakalat din ito ng tsismis na nakagawa ka ng iba’t ibang krimen at inaakusahan ka nito. Ayos lang ba na tumanggi kang aminin ang mga iyon? Ito ba ay usapin ng pag-amin mo o hindi sa mga ito? Hindi. Kapag desidido na itong arestuhin ka, katulad ng isang lobo na desididong kumain ng isang tupa, naghahanap ito ng iba’t ibang maidadahilan. Lumilikha ng iba’t ibang pagkukunwari ang malaking pulang dragon, sinasabing gumawa tayo ng masama, samantalang ang katunayan naman, ibang tao ang gumawa niyon. Inililipat nila ang sisi at idinidiin ang iglesia. Kaya mo bang mangatwiran dito? (Hindi.) Bakit hindi mo kayang mangatwiran dito? Puwede ka bang mangatwiran nang malinaw rito? Sa tingin mo ba, sa pangangatwiran dito at pagpapaliwanag sa sitwasyon, ay hindi ka na arestuhin? Masyadong maganda ang tingin mo rito. Bago ka pa matapos magsalita, sasabunutan ka na nito, iuuntog ang ulo mo sa pader, at pagkatapos ay tatanungin ka, “Kilala mo ba kung sino ako? Isa akong diyablo!” Kasunod niyon, magkakaroon ng matitinding pambubugbog, pati na ng ilang araw at gabi ng halinhinang interrogasyon at pagpapahirap, at pagkatapos ay magsisimula ka nang kumilos sa paraang gusto nila. Sa puntong ito, matatanto mo, “Walang lugar para sa pangangatwiran dito; isa itong patibong!” Hindi nangangatwiran ang malaking pulang dragon sa iyo—akala mo ba ay hindi nito sinasadyang lumikha ng pagkukunwari, na nagkataon lang iyon? May pagsasabwatan sa likod nito, at planado na ang susunod nitong pagkilos. Simula pa lang ito ng mga pagkilos nito. Maaaring isipin pa rin ng ilang tao, “Hindi nila nauunawaan ang mga usaping may kinalaman sa pananampalataya sa Diyos; kung ipapaliwanag ko ito sa kanila, magiging maayos ang lahat.” Maipapaliwanag mo ba ito nang malinaw? Idiniin ka nito sa isang bagay na hindi mo naman ginawa—kaya mo pa rin bang ipaliwanag nang malinaw ang mga bagay-bagay? Noong idiin ka nito, hindi ba nito alam na hindi ikaw ang gumawa niyon? Hindi ba nito alam kung sino ang gumawa niyon? Alam na alam nito! Pero bakit ikaw ang sinisisi nito? Ikaw ang gustong bihagin nito. Sa tingin mo ba, kapag isinisi niya ito sa iyo ay hindi nito alam na naagrabyado ka? Gusto nitong maagrabyado ka at arestuhin at usigin ka. Iyon ay kabuktutan.

Sinumang may buktot na diwa ng mga anticristo ay tutol at namumuhi sa katotohanan sa diwa nila. Sa puso nila, ni katiting man ay hindi nila tinatanggap ang katotohanan at wala silang layuning isagawa ito. Kung sa tingin mo ay wala silang pagkaunawa sa katotohanan at magtatangka kang makipagbahaginan sa kanila tungkol dito, anong magiging resulta? Babangga ka sa pader—dahil maling tao ang nakaharap mo. Hindi sila ang klase ng taong tumatanggap sa katotohanan, at hindi ka dapat makipagbahaginan sa kanila; sa

halip, dapat mo silang turuan ng aral at paghigpitan, sabihan na, “Gaano katagal mo na bang ginagawa ang tungkulin mo? Paano mo naituturing na maliit na bagay lang ang tungkulin mo? Gawain mo ba ito mismo? Sino ang hinahamon mo? Hindi ako ang nilalabanan mo, nilalabanan mo ang Diyos at ang katotohanan!” Hindi ba’t kailangan mo siyang turuan ng aral? Kapaki-pakinabang ba na magbahagi sa kanya tungkol sa katotohanan? Hindi. Bakit hindi ito kapaki-pakinabang? Mga lobo sila, hindi mga nawawala o naliligaw na tupa. Kaya bang isagawa ng lobo ang katotohanan? Hindi. Ano ang kalikasan ng isang lobo? (Kabuktutan.) Kapag nakakita ito ng tupa, naglalaway na ito, puno na ng mga imahe ng masarap na pagkain ang paningin nito, at nakatakda na ang tupa na maging pagkain nito. Iyon ang kalikasan nito; iyon ay kabuktutan. Kung sasabihan mo ito na, “Ang tupa ay sobrang nakakaawa at maamo; pakiusap huwag mo itong kainin. Pumili ka na lang ng ibang mabangis na hayop para kainin, ha?” Makakaintindi ba ito? Hindi. Iyon ang kalikasan nito. Ang ilang tao ay hindi nagsasagawa ng katotohanan at humahanap sila ng iba’t ibang maidadahilan—iyon ang kalikasan nila. Ano ang kalikasang ito? Ito ay kabuktutan. Gaano man kamababang-uri, kamapaghimagsik, o lantarang laban sa mga prinsipyo ang mga pagkilos nila, ayaw pa rin nilang mapahiya; kahit pa sumalungat sila sa katotohanan, gusto nilang gawin ito sa isang engrande at marangal na paraan. Hindi ba’t kabuktutan ito? Positibo o negatibong bagay ba ang paglabag sa katotohanan? (Negatibo.) Paanong ang isang negatibong bagay ay magagawa sa isang engrande, marangal at kagalang-galang na paraan? Hindi ba’t medyo nakakaasiwang subukan na pagsamahin ang dalawang aspektong ito? Ito ay kabuktutan: Ito ang pag-uugali at pagpapamalas ng mga may buktot na diwa ng mga anticristo. Parang magkasalungat ito, pero ganoon lang talaga sila kumilos, iyon ang disposisyon nila at ang nabubunyag sa kanila. Nagkikimkim sila ng pagkamuhi sa katotohanan, hindi kailanman ito tinatanggap—anticristo ang mga ito, ito ang buktot na kalikasang diwa ng mga anticristo. Ilang aytem ang nasa buktot na diwa ng mga anticristo? (Apat na aytem.) Apat sa kabuuan. Hindi ba’t sapat na ang apat na tandang ito para makakilatis kayo? Ang kabuktutan ay likas na nagtataglay ng mga lihim na mapanira at mga mapanlinlang na elemento, at kapag umabot na sa sukdulan ang mga lihim na mapanira at mga mapanlinlang na elementong ito, mailalarawan ito bilang isang buktot na disposisyon. Naisasakatawan ng mga anticristo ang ganitong uri ng buktot na disposisyon.

Setyembre 3, 2019

Ikawalong Aytem: Hinihimok Nila ang Iba na sa Kanila Lang Magpasakop, Hindi sa Katotohanan o sa Diyos (Unang Bahagi)

Karagdagang Babasahin: Isang Paghihimay sa mga Problemang Lumilitaw Kapag Itinatranskrayb ang mga Sermon

Narinig Kong sinasabi ng ilang tao na inalis ng mga taga-transcribe ang mga kuwentong nasa simula ng huling ilang sermon, itinira lamang ang pormal na nilalaman ng mga sermon na kasunod ng mga kuwento. Ganito ba talaga? Aling mga kuwento ang inihiwalay mula sa mga sermon na kasunod ng mga ito? (Ang Kuwento nina Dabao at Xiaobao, Ang Kuwento nina Daming at Xiaoming, at Isang Talakayan Tungkol sa Kapital: “Eh Ano Naman!”) Inihiwalay ang tatlong kuwentong ito mula sa nilalaman ng sermon, pero bakit? Sa anong dahilan? Mukhang inakala ng mga taga-transcribe na hindi angkop ang mga naunang kuwento sa nilalaman ng mga sumunod na sermon, kaya inihiwalay nila ang mga ito. Makatwiran ba ito? Ito mismo ang ginawa ng mga taga-transcribe. Masyado silang mapagmataas at mapagmagaling, kinukuha ang mga kuwento at inilalagay ang mga ito sa hiwalay na mga kabanata nang walang anumang nilalaman ng sermon. Masasabi ba ninyo na ang resulta ng paggawa nito ay mabuti o masama? Saka, masasabi ba ninyo na ang kuwentong nasa unahan ay dapat angkop at tugma sa sermon na kasunod nito? Kailangan ba talaga ito? (Hindi.) Kung gayon, bakit nagkamali ng pagkaunawa sa gawaing ito ang mga nagta-transcribe ng mga sermon sa ganitong paraan? Paano sila nagkaroon ng gayong kaisipan? Ano ang problema rito? Inisip nila: “Ang mga kuwentong sinabi Mo ay malayo sa paksa. Susuriin ko ang mga ito para sa Iyo, at sa pamamahagi ng mga ito, hindi ko pagsasama-samahin ang mga ito. Ang mga sermon ay mga sermon; hayaang maging magkakaugnay ang mga ito sa isa’t isa. Ang nilalaman ng mga naunang kuwento ay hindi dapat makasagabal sa nilalaman ng mga sermon. Kailangan kong suriin ang mga ito para sa Iyo dahil hindi Mo Mismo nauunawaan ang isyu.” Mabuting layunin ba ito? Saan nagmumula ang mabuting layunin nilang ito? Nagmumula ba ito sa mga kuru-kuro ng tao? (Oo.) Kapag nangangaral Ako, kailangan ko bang isaalang-alang nang lubusan ang lahat ng ito? Kailangan bang tugma ang bawat kuwentong sinasabi Ko sa kasunod na nilalaman? (Hindi.) Hindi ito kailangan; tinatawag itong isang regulasyon, isang kuru-kuro. Anong mga pagkakamali ang nagawa ng mga taga-transcribe? (Ang paggawa ng mga bagay batay sa kanilang mga kuru-kuro at imahinasyon.) Ano pa? (Pagkilos nang walang ingat at basta-basta.) Ang kalikasan ng ganitong uri ng pag-uugali ay na ito ay medyo walang ingat at basta-basta; wala silang may-takot-sa-Diyos na puso. Makatwiran na sabihin ito, pero naiiba pa rin ito sa diwa ng usapin. Nang i-transcribe nila ang mga sermon, anong uri ng saloobin at anong uri ng pananaw ang ginamit nila sa pagtingin sa lahat ng sinabi ng Diyos? Mga kuwento o mga sermon man ito, sa anong

uri ng saloobin at anggulo nila tiningnan at pinakinggan ang mga sinabing bagay na ito? (Mula sa anggulo ng kaalaman at pagkatuto.) Tama iyan. Ang pagtingin sa mga kuwentong sinabi at sa nilalaman ng mga sermon mula sa perspektiba ng kaalaman ay hahantong sa ganitong problema. Naniniwala sila na kapag nagbibigay Ako ng sermon, anuman ang bahaging nais Kong talakayin, dapat may tamang pagkakasunod-sunod ang nilalaman; ang bawat pangungusap ay dapat lohikal, ang bawat pangungusap ay dapat naaayon sa mga kuru-kuro ng lahat, at ang bawat bahagi ay dapat may mahigpit na layon. Sinusukat nila ang Aking mga sermon ayon sa kuru-kurong ito. Nagpapakita ba ito ng kawalan ng espirituwal na pang-unawa? (Oo.) Kawalan talaga ito ng espirituwal na pang-unawa! Ang paggamit ng lohika at hinuha para tingnan ang tinalakay Ko mula sa perspektiba ng kaalaman ay paggawa ng isang seryosong pagkakamali. Nagbabahagi Ako ng katotohanan, hindi gumagawa ng mga talumpati; dapat malinaw ito sa iyo. Kayong mga nakarinig ng mga sermon sa pagtitipon at pagkatapos ay nakinig muli ng mga sermong itinranscribe nila, may napansin ba kayong anumang mahahalagang punto o mga bagay na sinabi noong panahong iyon na inalis nila? May nangyari bang ganito? Halimbawa, baka nakarinig kayo ng isang sipi noong pagtitipon na talagang nakakaantig at sobrang nakakabuti, ngunit nalaman ninyo pagkatapos, nang pakinggan ninyo ang recording ng sermon na wala roon ang sipi; inalis na ito. Nangyari na ba ito sa inyo? Kung hindi kayo nakinig nang mabuti, maaaring hindi ninyo napansin, kaya siguraduhin ninyong makinig nang mabuti sa hinaharap. Minsan, nakinig Ako sa isang recording, at sa parte kung saan kasisimula Ko lang talakayin ang iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo, inililista ang mga ito mula una hanggang panglabinlima, inalis nila ang mga detalyadong paglilinaw at paliwanag mula sa bawat isa, at sa halip ay inilista lamang nila ang unang pagpapamalas, ang ikalawang pagpapamalas, ang ikatlong pagpapamalas, at iba pa. Tinalakay ang bawat pagpapamalas nang napakabilis, sunod-sunod, mas mabilis pa kaysa sa isang guro na nagtuturo ng aralin. Para sa karamihan ng tao na hindi pa narinig ang sermong iyon noon at hindi pamilyar dito, wala silang puwang para magnilay-nilay habang nakikinig dito. Kung gusto nilang makinig nang mabuti, palagi nilang kakailanganing huminto, makinig sa isang pangungusap at pagkatapos ay mabilis na magtala, pagkatapos ay pagnilayan kung ano ang ibig sabihin ng pangungusap na ito, at saka pakinggan ang susunod na pangungusap. Kung hindi, magiging masyadong mabilis ang tempo at hindi sila makakasabay. Isa itong seryosong pagkakamali ng mga nag-edit ng mga recording ng sermon. Ang sermon ay isang usapan, isang talakayan. Ano ang nilalaman ng mga sermon? Tinatalakay ng mga ito ang iba't ibang katotohanan at ang iba't ibang kalagayan ng mga tao; lahat ng ito ay may kinalaman sa katotohanan. Kaya, madali ba para sa mga tao na tanggapin at unawain ang mga nilalamang ito na may kinalaman sa katotohanan, o nangangailangan ba ang mga ito ng pagsasaalang-alang, pagninilay-nilay, at mental na pagpoproseso bago unti-unting tugunan? (Nangangailangan ang mga ito ng pagsasaalang-alang, pagninilay-nilay, at mental na pagpoproseso.) Kung gayon, batay sa sitwasyong ito, anong uri ng

bilis ang dapat panatilihin ng nagpapahayag ng sermon? Epektibo ba kung magsasalita siya nang kasingbilis ng isang machine gun? (Hindi.) Tulad ng isang gurong nagtuturo ng aralin? (Hindi.) Tulad ng isang taong nagtatalumpati? (Hindi.) Hindi talaga maaari. Sa panahon ng sermon, dapat ay may tanungan at sagutan, may puwang para sa pagninilay-nilay, na magbibigay ng oras sa mga tao para tumugon—angkop ang tempong ito. Itinranscribe nila ang mga sermon nang hindi nauunawaan ang prinsipyong ito; nagpapakita ba ito ng kawalan ng espirituwal na pang-unawa? (Oo.) Talagang wala silang espirituwal na pang-unawa. Inisip nila: “Ang mga bagay na ito na iyong tinatalakay, narinig ko na ang mga ito. Pagkatapos makinig nang isang beses, natatandaan ko na ang pinakapunto, at alam ko na ang sinasabi Mo. Gamit ang aking karanasan at ang mahuhusay na kasanayang natutunan ko mula sa madalas na pag-eedit ng mga recording ng sermon, gagawin ko ito sa ganitong paraan at pabibilisin ko ang takbo.” Ang pagpapabilis ay tila hindi masyadong malaking isyu sa sarili nito—subalit ano ang ginagawa nito sa transkripsiyon ng sermon? Nagiging sanaysay ito. Sa sandaling maging sanaysay ito, nawawala ang pakiramdam na nakikinig ka rito nang personal; makakamit ba nito ang parehong epekto? Tiyak na may pagkakaiba. Mas nakabubuti ba o mas nakasasama ang pagkakaibang ito? (Mas nakasasama.) Mas nakasasama ito. Ang mga taong walang espirituwal na pang-unawa ay kumikilos sa sarili nilang pagkukusa, at iniisip nila na sila ay matatalino. Naniniwala sila na sila ay edukado, may kasanayan, may likas na talento at matalino, subalit sa huli ay gumagawa sila ng mga di-makatwirang bagay. Hindi ba ganito nga ito? (Oo.) Sa Aking mga sermon, bakit minsan ay nagtatanong Ako sa inyo? Sinasabi ng ilang tao: “Baka natatakot Kang kami ay makaidlip.” Ganoon ba iyon? Bakit minsan ay nagsasalita Ako tungkol sa ibang mga bagay, lumilihis sa paksa, at tumatalakay ng magagaan at masasayang bagay? Ito ay para hayaan kayong marelaks, para mabigyan kayo ng kaunting puwang para magnilay-nilay. Hinahayaan din kayo nitong magkaroon ng mas malawak na pang-unawa sa isang aspekto ng katotohanan, para hindi ninyo ilimita ang inyong pang-unawa sa mga salita, literal na kahulugan, mga doktrina, o estrukturang gramatikal—hindi dapat ito limitado sa mga ito. Kaya minsan ay nagsasalita Ako tungkol sa ibang mga bagay; minsan ay nagbibiro Ako para pagaanin ang kapaligiran, subalit sa katunayan ay pangunahin Ko itong ginagawa para makamit ang isang partikular na resulta—dapat ninyo itong maunawaan.

Kita mo, kapag nagbibigay ng sermon ang isang relihiyosong pastor, tumatayo siya sa pulpito at nagsasalita lamang tungkol sa nakakabagot na mga paksa na walang kahit kaunting kaugnayan sa aktuwal na buhay ng mga tao, sa mental nilang kalagayan, o sa kasalukuyan nilang mga problema. Patay na mga salita at mga doktrina ang lahat ng ito. Wala silang sinasabi kundi ilang magagandang-pakinggang salita at sumisigaw sila ng ilang walang-kabuluhang islogan. Nagdudulot ito ng pagkabagot sa mga tagapakinig, at wala silang kapakinabangan mula rito. Sa huli, nagreresulta ito sa isang sitwasyon kung saan ang pastor ay nagsasalita mula sa itaas, at sa ibaba ay walang nagbibigay-pansin; walang anumang interaksyon. Hindi ba’t nasasayang lang ang pagod ng

pastor? Sa ganitong paraan nagbibigay ng mga sermon ang mga pastor para lamang maghanapbuhay, para sa kapakanan ng sarili nilang kabuhayan; hindi nila isinasaalang-alang ang mga pangangailangan ng kanilang kongregasyon. Para naman sa atin ngayon, ang pagbibigay natin ng mga sermon ay hindi tungkol sa pagsasagawa ng isang relihiyosong seremonya o pagkompleto ng isang uri ng gawain—tungkol ito sa pagkamit ng ilang resulta. Para makamit ang mga resulta, dapat isaalang-alang ang lahat ng aspekto—ang mga pangangailangan ng lahat ng uri ng tao, ang kanilang mga kuru-kuro, mga imahinasyon, at mga kalagayan, at ang kanilang mga pananaw ay dapat isaalang-alang lahat. Dapat ding isaalang-alang kung hanggang saan matatanggap ng mga tao mula sa bawat antas ng lipunan ang wikang ginagamit. Ang ilang edukadong tao na medyo mahilig sa pormal na wika ay kailangang makarinig ng ilang salitang pampanitikan na medyo gramatikal at lohikal. Kaya nilang unawain ang mga ito. Mayroon ding ilang ordinaryong tao, iyong mga nasa mabababang antas ng lipunan, na hindi pamilyar sa ganitong pormal na wika; kaya, ano ang dapat Kong gawin? Kailangan Kong magsalita sa medyo kolokyal na wika. Noon, bihira Akong gumagamit ng wikang kolokyal, subalit sa paglipas ng mga taon ay natuto Ako nang kaunti, at ngayon ay gumagamit pa nga Ako minsan ng mga salawikaing may dalawang bahagi o kaya naman ay nagbibiro. Sa ganitong paraan, pagkatapos makinig, mararamdaman ng lahat na ang lahat ng sinasabi Ko ay madaling maunawaan, anuman ang antas nila sa lipunan, at na ito ay may mas malapit na kaugnayan sa kanila. Subalit kung nasa wikang kolokyal ang lahat ng ito, hindi magtutunog-malalim ang nilalaman ng sermon, kaya dapat itong haluan ng kaunting pormal na wika, na lahat ay ipinahahayag sa wika ng pang-araw-araw na buhay; saka lamang nito maaabot ang pinakamababang pamantayan. Kapag nagsimula nang gamitin ang wikang kolokyal, ang pagsasabi ng mga bagay tulad ng “sinasabi lang,” “parang,” “ibig Kong sabihin,” at iba pa, ang pagsasama ng napakaraming gayong ekspresyon ay maaaring makaapekto sa lawak ng pagpapahayag ng katotohanan. Gayumpaman, kung ang lahat ay pormal na wika, lahat ay sinasalita nang napakaayos at napakapormal, sumusunod sa lohika ng gramatika at pangangatwiran nang hakbang-hakbang, nang walang kahit kaunting pagkakamali—na para bang bumibigkas ng isang sanaysay o nagbabasa ng isang teksto, na tila ba ang lahat ay naka-iskrip mula simula hanggang katapusan, salita bawat salita, maging ang mga bantas—sa tingin ba ninyo ay gagana iyon? Magdudulot iyon ng napakaraming problema; wala Akong lakas para diyan. Isang aspekto ito. Bukod dito, edukado man o hindi edukado, ang lahat ay nagpapakita ng iba’t ibang aspekto ng kanilang pagkatao, at ang mga pagpapahayag na ito ng pagkatao ay nauugnay sa aktuwal na buhay. Ang aktuwal na buhay naman ay hindi maihihiwalay sa wika sa pang-araw-araw na buhay; hindi ito maihihiwalay sa iyong kapaligirang pinamumuhayan. Ang kapaligirang tinitirhan ay puno ng ganitong uri ng pang-araw-araw na wika, may halong kaunting wikang kolokyal, at ilang payak na bokabularyo na may bahagyang pampanitikang estilo. Sapat na ito; halos nasasaklaw na nito ang lahat ng dapat isaalang-alang. Sila man ay matanda o bata, hindi nakapag-aral

o nagtataglay ng ilang kaalaman, sa kabuuan ay maaarok ito ng lahat, mauunawaan ito ng lahat; hindi sila makararamdam ng pagkabagot, at hindi nila mararamdamang lampas ito sa kanilang pag-unawa. Ito ang dapat isaalang-alang sa pagbabahagi at paghahatid ng mga sermon, ang pagsasaalang-alang ng lahat ng aspekto ng mga pangangailangan ng mga tao. Para magkamit ng resulta ang isang sermon, dapat mong isaalang-alang ang lahat ng aspektong ito: ang tempo ng pagsasalita, pagpili ng salita, at paraan ng pagpapahayag. Dagdag pa, kapag nagpapahayag ng isang bagay at nagbabahagi ng isang aspekto ng katotohanan, sa anong punto ito lubusang naipaliwanag? Sa anong punto ito hindi sapat na naipaliwanag? Anong mga aspekto ang dapat idagdag? Ang lahat ng ito ay dapat isaalang-alang. Kung hindi mo man lang isinasaalang-alang ang mga aspektong ito, kulang na kulang ang iyong kapasidad na mag-isip. Kung ang iba ay nag-iisip sa dalawang dimensyon, dapat magawa mong mag-isip sa tatlo. Dapat kang makakita nang mas komprehensibo at mas tumpak kaysa sa iba, dapat kaya mong tingnan nang malinaw ang lahat ng uri ng isyu, at maramdaman mo rin ang mga sangkot na katotohanang prinsipyo. Sa ganitong paraan, ang lahat ng aspekto ng mga tiwaling disposisyon na maiisip, maipahahayag, o maipakikita ng mga tao, gayundin ang mga kalagayang kasangkot, ay nasasaklawan na at mauunawaan ng lahat. Kailangan din bang taglayin ng mga taga-transcribe ang mga kakayahan at paraan ng pag-iisip na ito? Kung hindi nila taglay ang mga ito, at sa halip ay lagi silang umaasa sa kaalamang natutunan nila para maibuo ang pangunahing punto ng sermon, ang pangunahing ideya nito, ang pinakapunto ng bawat seksiyon, magiging katulad ito ng kung paano pinag-aaralan ng mga estudyanteng Tsino ang mga tekstong pampanitikan. Ipinasisilip muna sa kanila ng guro ang buong teksto, pagkatapos ay ipinababasa ito nang mabuti. Sa unang pormal na aralin, ipinaliliwanag ng guro ang tungkol sa pinakapunto ng unang talata, ipinakikilala ang bagong bokabularyo, at tinatalakay ang gramatikang ginamit. Kapag napag-aralan na ang lahat ng seksiyon, kailangan mo pa ring isaulo ang mga ito, at sa huli ay gumawa ng mga pangungusap gamit ang bagong bokabularyo, at unawain ang sentral na ideya ng teksto at ang layunin ng may-akda sa pagsulat nito. Sa ganitong paraan, magkakaroon ka ng lubos na pang-unawa sa kung ano ang nais iparating ng teksto. Pinag-aralan ng lahat ang mga bagay na ito, alam ng lahat ang mga ito, pero kung gagamitin mo ang mga bagay na ito sa pagta-transcribe ng sermon, masyado itong payak. Sinasabi Ko sa iyo, kung nagsusulat ka ng isang sanaysay, maaari mong gamitin ang mga ito; batayang sentido komun lang iyan sa pagsusulat. Pero kung gagamitin mo ang pag-iisip na ito, ang teoryang ito, ang pamamaraang ito sa pagta-transcribe ng sermon, hindi ba't maaari kang magkamali? Tiyak na magkakamali ka. Hindi mo alam kung bakit gusto Kong sabihin ang kuwentong ito, hindi mo sinusubukang unawain ang katotohanang dapat mong maunawaan mula sa kuwentong ito—isa itong pagkakamali. Gayundin, nauunawaan mo ba ang katotohanan sa kapwa kuwento at nilalaman ng sermon? Kung hindi mo ito nauunawaan, kulang ka sa espirituwal na pang-unawa. Anong mga kalipikasyon ang

posibleng mayroon ang isang klase ng taong walang espirituwal na pang-unawa para mag-transcribe ng mga sermon?

Bakit sa tingin ninyong lahat ay nagkukuwento Ako? Hindi alam ng mga taga-transcribe ng mga sermon ang dahilan kung bakit, kaya nagdagdag sila ng sarili nilang mga pananaw. Naniniwala sila na kung gusto Kong magkuwento, dapat angkop ito sa kasunod na nilalaman—hindi nila alam kung bakit nagkukuwento Ako. Hindi ninyo rin alam, hindi ba? Dahil hindi ninyo alam, sasabihin Ko sa inyo ang dahilan. Mula sa simula hanggang ngayon, tinalakay ko ang iba’t ibang pagpapamalas ng mga anticristo nang mga sampung beses, at kalahati pa lamang sa mga ito ang Aking natalakay. Kung tatapusin Ko ang pagsasalita tungkol sa nilalamang ito nang tuloy-tuloy, magiging medyo nakakabagot ang paksa, hindi ba? Kung sasabihin Ko ang tungkol sa bagay-bagay nang deretsahan sa tuwing nagsisimula tayo—unang ipinababalik-aral sa lahat kung ano ang tinalakay noong nakaraan, at pagkatapos ay nagsisimulang magsalita, na kayong lahat ay nagmamadaling magtala, nagsusulat nang nagsusulat at nagpupumilit na panatilihin bukas ang mga talukap ng inyong mata—at kung pagkatapos ay magpabuod Ako sa lahat kapag natapos na Ako, na kinukusot ng lahat ang kanilang mga mata, pinapasadhan at binibigkas ang nilalamang pinagbahaginan ngayon, at, kapag tila halos naalala na ito ng lahat, sinabi Ko, “Iyan na muna para sa araw na ito, tapusin na natin at ipagpapatuloy natin ang pag-uusap tungkol dito sa susunod,” sa gayon, ang lahat ay medyo mababahala: “Ang bawat pagtitipon ay palaging tungkol sa mga bagay na ito, pare-parehong paraan; masyadong mahaba at tuyo ang nilalaman.” Higit pa rito, ang pakikipagbahaginan sa katotohanan ay dapat may maraming aspekto, na ang mga tao ay umuunlad sa lahat ng aspekto ng katotohanan nang sabay-sabay. Katulad lang ito sa buhay pagpasok ng tao. Dapat umunlad ang isang tao tungkol sa kaalaman niya sa sarili, pagbabago ng disposisyon, kaalaman sa Diyos, kamalayan sa kanyang iba’t ibang kalagayan, at sa kanyang pagkatao, mga pananaw, at lahat ng iba pang aspekto—ang lahat ng ito ay dapat umunlad nang sabay-sabay. Kung sa panahong ito ay tatalakayin Ko lamang ang pagkilatis sa iba’t ibang pagpapamalas ng mga anticristo, maaaring isantabi ng mga tao ang iba pang mga aspekto ng katotohanan, at buong araw na silang mag-iisip: “Sino ang tila isang anticristo? Ako ba ay isang anticristo? Ilan sa kanila ang nasa paligid ko?” Ang paggawa nito ay makakaapekto sa pagpasok nila sa iba pang mga aspekto ng katotohanan. Kaya, iniisip Ko kung paano maaaring maisama sa nilalaman ng sermon ang isa pang katotohanan, para maunawaan ng mga tao ang karagdagang katotohanan; ibig sabihin, kapag tinatalakay ang paksang “Paglalantad sa mga Anticristo,” magagawa ring maunawaan ng mga tao ang iba pang mga aspekto. Mas maganda ang resulta ng gayong sermon, hindi ba? (Oo.) Halimbawa, kapag kumakain ka ng pangunahing pagkain, minsan ay kakain ka ng mansanas kasama nito. Nagbibigay ito ng karagdagang nutrisyon, hindi ba? (Oo.) Sabihin ninyo sa Akin, kung gayon, kailangan Ko bang magkuwento? (Oo.) Tiyak iyon. Kung hindi naman ito kailangan, bakit Ko ikukuwento ang mga ito? Ang

paggamit ng mga kuwento para talakayin ang ilang magagaan at masasayang paksa ay nagpapahintulot sa mga tao na makakuha at matuto ng kaalaman sa iba pang mga aspekto ng katotohanan. Mabuting bagay ito. Kapag tapos nang talakayin ang magagaang paksang ito, bumabalik Ako sa pangunahing paksa. Ang ganitong pagsasaayos ay angkop. Ano ang kinakain mo bago ang pangunahing putahe? (Isang pampagana.) Ito ay pampagana. Ang mga pampagana ay kadalasang napakasarap at nakapagpampagana, tama ba? Kaya, kapag nagkukuwento Ako, maaari kang makakuha ng isang aspekto ng katotohanan mula sa kuwentong iyon, pinalalalim ang iyong kaalaman o ang iyong pang-unawa. Mabuti ang lahat ng ito. Siyempre, iyong mga walang espirituwal na pang-unawa ay nakikinig ng mga kuwento at naririnig lamang ang mababaw na bahagi; hindi nila nakikita ang katotohanan sa loob na dapat maunawaan. Wala silang espirituwal na pang-unawa—walang magagawa tungkol dito. Halimbawa, sa pakikinig sa “Ang Kuwento nina Dabao at Xiaobao,” naaalala lang ng ilang tao na masama si Dabao at hangal si Xiaobao. Naaalala nila ang mga pangalan nina Dabao at Xiaobao, subalit hindi nila natatandaan kung sa aling mga pangyayari ibinunyag ng tao sa kuwento ang kanyang tiwaling disposisyon, anong uri ng disposisyon ang ibinunyag, ano ang ibig sabihin ng disposisyong ito, o ano ang kaugnayan nito sa katotohanan. Sa anong mga sitwasyon mo mismo maibubunyag ang ganitong uri ng disposisyon? Sasabihin mo ba ang ganitong mga salita? Kung sasabihin mo, “Hindi ko sasabihin ang ganitong mga salita,” kung gayon ay nakababahala ito, dahil pinatutunayan nito na hindi mo nauunawaan ang katotohanan. Sinasabi ng ilang tao: “Maaari kong sabihin ang ganitong mga salita kapag nakararanas ako ng mga tiyak na sitwasyon, isa itong uri ng disposisyon na lumalabas sa isang tiyak na kalagayan.” Kapag nalaman mo na ito, hindi ka nakinig sa kuwentong ito nang walang kabuluhan. Matapos pakinggan ang kuwento, may ilang taong nagsabi: “Anong klaseng tao si Dabao? Inaapi at nilililang pa niya ang isang maliit na bata. Napakasama niya! Hindi ko lililangin ang mga bata nang ganyan.” Hindi ba ito kawalan ng espirituwal na pang-unawa? Pinag-uusapan lang nila ang mismong pangyayari subalit hindi nila nauunawaan ang katotohanan sa loob ng kuwentong ibinabahagi. Hindi nila maiugnay ang sitwasyon sa kanilang sarili; nagpapakita ito ng kawalan ng espirituwal na pang-unawa, isang seryosong kawalan ng espirituwal na pang-unawa. Nakararanas ng problemang ito ang mga taga-transcribe ng mga sermon. Sa sandaling ang isang bagay ay may kinalaman sa katotohanan, ibinubunyag ng ilang tao ang mga pananaw ng isang hindi mananampalataya; sa sandaling nasasangkot ang katotohanan, ang ilang tao ay walang espirituwal na pang-unawa; sa sandaling nasasangkot ang katotohanan, ang ilang tao ay nagiging madaling mabaluktot, ang ilan ay nagiging matigas ang kalooban, ang ilan ay nagiging buktot, at ang ilan ay nagiging tutol dito. Kaya, anong disposisyon mayroon ang mga taga-transcribe ng sermon? Sa pinakamababa, sila ay mayabang at palalo, kumikilos sa sarili nilang pagkukusa, hindi nakakaunawa at hindi naghahangad na makaunawa. Hindi man lang sila nagtanong tungkol dito; direkta lang nilang inihiwalay ang mga kuwento sa mga sumunod na

nilalaman. Iniisip nila na, “Ibinigay sa akin ang mga sermong ito para i-transcribe, kaya may awtoridad akong gawin ang desisyong ito. Sa isang hampas ng aking palakol, malinis kong puputulin ang mga kuwento. Ganito ko lang itatrato ang mga sermong ibinigay Mo sa akin. Kung hindi Mo ito gusto, huwag Mo akong gamitin.” Hindi ba ito pagiging mayabang at palalo? Hindi nila kayang tanggapin ang katotohanan, hindi nila nauunawaan ang katotohanan. Hindi nila alam kung ano ang tungkulin nila o kung ano ang dapat at hindi nila dapat gawin—hindi nila alam ang alinman sa mga bagay na ito. Ang mga taong walang espirituwal na pang-unawa ay makagagawa lamang ng mga di-makatwirang bagay, mga di-makataong bagay na sumasalamin sa kawalan ng integridad. Gumagawa lamang din sila ng mga bagay na lumalabag sa mga katotohanang prinsipyo, iniisip ang kanilang sarili bilang matalino at walang pagpapasakop. Ang mga recording ng Aking mga sermon ay ibinigay sa kanila para i-transcribe, at anumang mga opinyon o mga kaisipan ang mayroon sila tungkol sa kung paano nila ito aasikasuhin, hindi nila Ako tinanong. Hindi ba’t napakaseryoso ng problemang ito? (Oo.) Seryoso sa anong antas? (May kalikasan ito ng pagbabaluktot sa mga salita ng Diyos.) Mayroon nga itong bahagyang ganitong kalikasan.

Nagsasalaysay Ako ng kuwento, tinatalakay ang isang partikular na aspekto ng katotohanan, at pagkatapos ay nagbibigay Ako ng mga sermon sa iba pang mga aspekto. Isinasalang-alang Ko ba kung magkatugma ang dalawang bagay na ito? Kailangan Ko itong isaalang-alang sa simula, subalit bakit hindi Ko iginigiit na kailangang magkatugma ang dalawang aspektong ito? Alam Ko ba ito? (Oo.) Bakit kaya naging problema ito para sa mga taga-transcribe ng sermon? Alam Kong ang kuwentong isinasalaysay Ko ay walang koneksyon sa sermong kasunod nito. Alam ba nila ito? Hindi nila alam. Hindi man lang nila pinag-isipang mabuti ang bagay na ito. Iniisip nila na, “Ginagabayan Ka ng Banal na Espiritu; basta’t parang katotohanan ito sa pandinig, ayos lang. Nagsalaysay Ka ng kuwento noong araw na iyon, at pagkatapos ay tinalakay Mo ang partikular na nilalaman. Anong relasyon ang mayroon sa pagitan ng dalawang bagay na ito? Bakit nagsasalita sa ganitong paraan? Anong pakinabang ang maaaring makuha pagkatapos magsalita? Wala Kang alam sa alinman sa mga ito. Hindi ito maaari!” Una, kung ano ang Aking sasabihin, paano Ako magsasalita, at anong partikular na nilalaman ang Aking tatalakayin—sabihin mo sa Akin, Ako ba ay nasa isang malinaw na kalagayan ng pag-iisip habang nagpapasya sa mga ito? (Oo.) Talagang nasa kalagayan Ako ng malinaw na pag-iisip, tiyak na wala Ako sa isang magulong kalagayan; ang Aking isip ay may malinaw na daloy ng kaisipan. Kung ang isang tao ay walang espirituwal na pang-unawa, hindi alam kung paano hanapin ang katotohanan, at bulag na sinusuri at bulag na ikinakategorya ang mga bagay, iniisip na ito ay medyo mabuti, hindi ba’t sila ay isang klasikong Pariseo? Gusto lang nilang makinig sa malalaking teoryang walang laman, at ayaw makinig sa pragmatiko at praktikal na mga sermon. Ang resulta ay hindi nila nauunawaan kahit ang pinakamababaw na mga katotohanan. Nagpapakita ito ng seryosong kawalan ng espirituwal na pang-unawa! Kung walang may-takot-sa-Diyos na

puso, magiging mayabang at mapagmagaling ang mga tao, lalong nagiging mapangahas; maglalakas-loob silang hatulan ang anumang bagay, sa pag-aakalang nauunawaan nila ang lahat. Tumpak na ganito ang tiwaling sangkatauhan; ito ang kanilang disposisyon. Ang pagiging matapang at pagkilos nang walang ingat ba ay isang mabuting bagay o isang masamang bagay? (Isang masamang bagay.) Ang pagiging matapang o mahiyain ay talagang hindi mahalaga; ang mahalaga ay kung may anumang takot sa Diyos sa puso ng isang tao. Mamaya, kapag makikinig kayo ng recording ng sermon, kilatizing mabuti kung tinanggal ang anumang mahahalagang bagay mula sa transkripsiyon. Ang kaawa-awang mga nilalang na ito na walang espirituwal na pang-unawa, minsan ang mga bagay na kanilang ginagawa ay maaaring hindi sinasadyang magdulot ng mga kaguluhan at pinsala. Sinasabi nilang hindi ito sinasadya—kung hindi ito sinasadya, nangangahulugan ba ito na ang disposisyon nila ay hindi tiwaling disposisyon? Tiwaling disposisyon pa rin ito. Sa ngayon, hanggang dito na lang muna ang paksang ito.

Karagdagang Babasahin

Mga Pangarap ni Xiaogang

Magsisimula uli Ako ngayon sa pagsasabi ng isang kuwento. Interesado ba kayong makinig sa mga kuwento? May makukuha ba kayo mula sa mga kuwento? Nangyayari ang mga bagay-bagay sa mga kuwento, at naglalaman ang mga bagay-bagay na ito ng mga katotohanan. Ang mga tao sa mga kuwento ay nagtataglay ng ilang kalagayan, ilang pagbubunyag, at ilang intensyon at mga tiwaling disposisyon. Sa katunayan, umiiral ang mga ito sa lahat, at konektado ang mga ito sa lahat. Kung nauunawaan at nakikilala mo ang mga bagay na ito sa mga kuwento, pinatutunayan nitong mayroon kang espirituwal na pang-unawa. Sinasabi ng ilang tao na: “Sinasabi Mong mayroon akong espirituwal na pang-unawa—ibig sabihin ba niyan na isa akong taong nagmamahal sa katotohanan?” Hindi sa ganoon; dalawang magkaibang bagay ang mga ito. May ilang tao na may espirituwal na pang-unawa subalit hindi nagmamahal sa katotohanan. Nakauunawa lang sila at wala nang iba pa, at hindi nila ginagamit ang katotohanan para ihambing sa kanilang sarili o isinasagawa ang katotohanan. May espirituwal na pang-unawa ang ilang tao, at pagkatapos makinig sa mga kuwento, natutuklasan nilang may mga katulad silang mga problema at iniisip kung paano makapapasok at kung paano magbabago sa hinaharap—nakamit ng mga taong ito ang mga ninanais na resulta. Kaya ngayon, magpapatuloy Ako sa pagkukuwento. Magaan ang paksa at lahat ay gugustuhing pakinggan ito. Nitong nakaraang dalawang araw, pinag-iisipan Ko kung aling kuwento ang magdudulot sa karamihan ng tao na magkamit ng isang bagay at mapatibay pagkatapos nilang pakinggan ito, at maaaring bukod pa rito ay mas malalim na magtanim ng isang aspekto ng katotohanan sa kanila, gayundin ang bigyang-kakayahan silang maiugnay ito sa realidad, at makinabang mula rito sa pamamagitan ng pagpasok sa isang aspekto ng katotohanan o pagwawasto sa isang uri ng paglihis. Nakaligtaan

Kong bigyan ng pamagat ang huli Kong kuwento, kaya't bibigyan natin ngayon ng pamagat ang kuwentong iyon. Ano sa tingin ninyo ang dapat itawag dito? (Mga Espesyal na Regalo.) Tanggalin na ang salitang “espesyal”; tawagin natin itong “Mga Regalo.” Medyo kakatwang pakinggan ang salitang “espesyal” dito, at pagtutuunan ito ng pansin ng mga tao. May mas hindi malinaw na kahulugan ang “Mga Regalo.” Kaya, ano ang ikukuwento Ko ngayon? Ang kuwento ngayon ay pinamagatang “Mga Pangarap ni Xiaogang.” Ang ibig sabihin ng “Xiao” ay “maliit,” tulad ng alam ninyong lahat, at ano naman ang “Gang”? (“Posisyon.”) Tama. Pagkarinig sa pamagat na ito, dapat ay alam ninyo ang nilalaman ng kuwento—dapat ay malapit na ninyo itong mahulaan. Magsisimula na Ako ngayong magkuwento.

Si Xiaogang ay isang masigasig, palaaral, at masipag na binata, at medyo matalino siya. Gustung-gusto niyang mag-aral, kaya't natuto siya nang kaunti tungkol sa ilan sa mga sikat na teknolohiya ng kompyuter ngayon, at sa sambahayan ng Diyos, natural siyang itinalaga para gampanan ang kanyang tungkulin sa pangkat ng mga gumagawa ng video. Nang una siyang sumali sa pangkat ng mga gumagawa ng video, si Xiaogang ay napakasaya at may pagmamalaki. Dahil bata pa siya at magaling sa mga partikular na teknolohiya, naniniwala siyang ang paggawa ng video ang kanyang espesyalidad at ang kanya ring libangan, at na magagamit niya ang kanyang kadalubhasaan sa pamamagitan ng paggampan ng kanyang tungkulin doon at gayundin ay umunlad sa larangang ito sa pamamagitan ng proseso ng patuloy na pag-aaral. Bukod pa rito, karamihan sa mga taong nakakasalamuha niya rito ay mga kabataan din, at gustung-gusto niya ang kapaligiran dito at nasisiyahan sa tungkuling ito. Kaya, bawat araw siyang abala sa pagtatrabaho at sa pag-aaral nang taimtim. Sa ganitong paraan gumigising nang maaga si Xiaogang para magsimulang magtrabaho bawat araw, minsan ay hindi nagpapahinga hanggang kalaliman ng gabi. Nagbabayad ng maraming halaga at nagdaranas ng maraming paghihirap si Xiaogang para sa kanyang tungkulin, at natural na natututo rin siya ng maraming nauugnay na propesyonal na kaalaman; pakiramdam niya ay napaka-produktibo ng bawat araw na ginugugol niya. Madalas ding nakikipagbahaginan at dumadalo sa mga pagtitipon si Xiaogang kasama ang kanyang mga kapatid, at nararamdaman niya na pagkarating niya rito, mas umunlad pa siya kumpara noong nananampalataya siya sa Diyos sa kanyang bayan at na siya ay nagkagulang na, at maaari nang umako ng ilang gawain. Sobrang saya at kuntento niya. Noong una siyang nag-aral ng computer technology, hinangad niyang magtrabaho nang may kinalaman sa mga kompyuter balang araw, at ngayon ay natupad na rin sa wakas ang kanyang pangarap, kaya't talagang pinahahalagahan niya ang pagkakataong ito. Lumipas ang ilang panahon, hindi nagbago ang gawain at posisyon ni Xiaogang. Pinanghahawakan niya ang kanyang trabaho at pinanghahawakan ang responsabilidad at tungkulin niyang ito, at mukhang may mas pinagkatandaan na siya kaysa dati. Nagkaroon din siya ng pag-unlad sa buhay pagpasok, madalas siyang nakikipagbahaginan at nagdarasal-nagbabasa ng mga salita ng Diyos kasama ang kanyang mga kapatid sa mga pagtitipon,

at ang kanyang interes sa pananampalataya sa Diyos ay lumalakas nang lumalakas. Masasabi ring unti-unting tumitibay ang pananalig ni Xiaogang. Kaya, nagkaroon siya ng isang bagong pangarap: “Maganda kung magiging mas kapaki-pakinabang akong tao habang gumagawa ng gawain sa kompyuter!”

Lumipas nang ganito ang oras, araw-araw, at patuloy na ginampanan ni Xiaogang ang parehong tungkulin. Sa isang pagkakataon ay nakapanood siya ng isang pelikula, at pagkatapos ay nagkaroon ito ng malalim na epekto sa kanya. Bakit? Sa pelikula ay may isang binatang kapareho ng edad ni Xiaogang, at hinangaan niya ang pagganap, pag-arte, at pananalita at asal ng binatang ito sa pelikula, at medyo nainggiti din siya. Pagkatapos panoorin ang pelikula, paminsan-minsan ay naiisip niya: “Maganda sana kung ako ang binatang iyon sa pelikula. Araw-araw, nasa harap ako ng kompyuter, gumagawa at nag-a-upload ng lahat ng uri ng video, at gaano man ako kaabala o kapagod, o gaano man ako nagsisikap magtrabaho, isa pa rin lang akong manggagawa sa likod ng kamera. Paano malalaman ng sinuman kung gaano kami kasipag na nagtatrabaho? Kung mapapanood ako sa pinilakang tabing balang araw tulad ng binatang iyon sa pelikula, at mas maraming tao ang makakakita at makakikilala sa akin, magiging maganda iyon!” Paulit-ulit na pinanood ni Xiaogang ang pelikulang ito, gayundin ang iba’t ibang eksena ng binatang iyon. Habang mas nanonood siya, mas naiinggiti siya rito, at mas naghahangad ang kanyang puso, nananabik na maging isang aktor. Kaya, umusbong ang bagong pangarap ni Xiaogang. Ano ang bago niyang pangarap? “Gusto kong mag-aral ng pag-arte, at magsikap na maging isang aktor na pasok sa pamantayan, lumabas sa pinilakang tabing, magkaroon ng impresyong tulad nang sa binatang iyon, at magkaroon ng mas maraming taong naiinggiti sa akin at nagnanais na maging ako.” Simula noon, nagsimulang magsikap si Xiaogang tungo sa kanyang pangarap. Sa kanyang bakanteng oras, nag-online si Xiaogang at tumitingin sa lahat ng uri ng mga materyal tungkol sa pag-arte. Nanonood din siya ng lahat ng uri ng pelikula at palabas sa telebisyon, nanonood at nag-aaral nang sabay, habang nagpapantasya tungkol sa pagkakaroon ng pagkakataong maging isang aktor. Lumilipas pa rin ang bawat araw nang ganito—pinag-aaralan ni Xiaogang ang propesyon ng pag-arte habang pinanghahawakan ang kanyang posisyon. Sa wakas, salamat sa kanyang pagtitiyaga at kasipagan, natutunan ni Xiaogang ang ilang partikular na pundamental ng pag-arte. Natuto siyang gumaya, natuto siyang magsalita at magtanghal sa harap ng iba, at wala siyang kahit katiting na takot sa entablado. Ang paulit-ulit niyang pakikiusap ang sa wakas ay nagbigay sa kanya ng isang pagkakataon: May isang pelikula na nangangailangan ng isang binata para sa papel ng bida. Mula sa awdisyon, napagtanto ng direktor na ang kanyang hitsura, dating, at ang kanyang mga batayang kasanayan sa pag-arte ay umaabot sa pamantayan. Kung magsasanay pa siya nang kaunti, siguradong magagawa niya ito. Pagkarinig sa balitang ito, labis na nagalak si Xiaogang, at iniisip sa kanyang sarili na: “Sa wakas mula sa likod ng kamera ay makikita na ako sa pinilakang tabing—isa pang pangarap ko ang malapit nang matupad!” Pagkatapos ay

inilipat si Xiaogang sa pangkat ng mga gumagawa ng pelikula para gampanan ang kanyang tungkulin.

Pagkatapos lumipat ni Xiaogang sa pangkat ng mga gumagawa ng pelikula, nagdala ng kasariwaan at kasiglahan sa kanya ang bagong kapaligiran sa pagtatrabaho. Pakiramdam niya ay lumilipas nang napakasaya ang bawat araw, at na hindi ito walang sigla, matamlay, at mahigpit tulad nang dati, dahil nakatira at gumagawa siya roon, at marami sa mga bagay na nararanasan niya araw-araw ay lubos na naiiba sa kanyang gawain sa kompyuter—nakatira siya sa ibang lugar ng gawain, sa ibang mundo. Sa ganitong paraan, itinuon ni Xiaogang ang sarili sa gawain ng paggawa ng pelikula. Araw-araw ay abala siya sa pag-arte at pag-aaral ng kanyang mga linya, nakikinig sa tagubilin ng direktor at nakikinig sa pagsusuri ng kanyang mga kapatid sa kuwento. Para kay Xiaogang, ang pinakamahirap na bahagi ay ang makapasok sa karakter, kaya't paulit-ulit niyang sinasaulo ang kanyang mga linya at patuloy na iniisip ang kanyang sariling karakter, kung paano siya dapat magsalita at kumilos, kung paano siya dapat lumakad at tumayo, pati na ang kung paano siya dapat umupo, kailangan niyang muling matutunan ang lahat ng bagay na ito. Matapos ipagpatuloy ang komplikado at sari-saring gawaing ito sa loob nang ilang panahon, sa wakas ay napagtanto ni Xiaogang kung gaano kahirap maging isang aktor. Araw-araw ay kailangan niyang isaulo ang parehong mga linya. Minsan ay perpekto niyang nabibigkas ang mga ito, subalit pagdating sa aktuwal na pagtatanghal, palagi siyang nagkakamali at kinakailangang ulitin ang eksena. Madalas siyang napagagalitan ng direktor dahil ang isa sa kanyang mga kilos o linya ay hindi naaayon sa pamantayan. Kung hindi maganda ang ilan sa sunud-sunod niyang pagtatanghal, isasailalim siya sa pagpupungos, at mapapahiya siya, magtitiis ng pagdurusa, at mapagtitinginan pa nang kakaiba at mapagtatawanan. Nahaharap sa lahat ng ito, medyo pinanghihinaan ng loob si Xiaogang, “Kung alam ko lang na magiging ganito kahirap ang pagiging aktor sa pinilakang tabing, hindi na sana ako pumunta rito, pero ngayon ay medyo nasa mahirap akong sitwasyon. Nandito na ako, kaya't hindi makatwirang sumuko ako bago matapos ang paggawa ng pelikula, at hindi ko maipaliliwanag ito. Ito ang aking pangarap, dapat ko itong gawing realidad, subalit gaano kahaba ang daang tatahakin ko? Kaya ko pa bang magpatuloy?” Nagsimulang panghinaan ng loob si Xiaogang. Sa mga sumunod na araw, nahirapan si Xiaogang na kayanin ang kanyang pang-araw-araw na trabaho at buhay. Ang bawat araw ay mas mahirap tiisin kaysa sa nagdaan, subalit dapat pa rin niya itong tiisin at pilitin ang kanyang sarili na magpatuloy. Tulad ng maiisip ng isang tao, sa pagpapatuloy ay tiyak na magkakaroon ng mga problema si Xiaogang sa iba't ibang aspekto. Sinimulan niyang gawin ang gawaing itinalaga sa kanya nang may labis na pag-aatubili. Kapag sinasabi sa kanya ng direktor kung ano ang gagawin, nakikinig siya at iyon na iyon. Pagkatapos, pinagsisikapan niyang gawin ang kanyang makakaya, pero kung hindi niya kayang gawin ang isang bagay, hindi siya mahigpit sa sarili niya. Ano ang estado ni Xiaogang sa sandaling ito? Pinalilipas niya ang bawat araw nang may labis na pag-aatubili,

napakanegatibo, at napakapasibo, nang hindi talaga tinatanggap sa kanyang puso ang taimtim na paggabay at tulong ng direktor o ng kanyang mga kapatid. Naniniwala siya, “Ganito na lang talaga ako, walang lugar sa pagpapabuti. Pinipilit ninyo ako nang higit sa aking mga abilidad. Kung kaya nating isapelikula ito, gawin natin ito; kung hindi natin kaya, kalimutan na lang natin ito. Babalik ako sa aking pangkat ng mga gumagawa ng video para gawin ang aking tungkulin.” Naiisip niya kung gaano kaganda ang magtrabaho sa pangkat ng mga gumagawa ng video, nakaupo sa harap ng kompyuter araw-araw. Napakakomportable at napakadali nito; napakasaya niya noon! Ang kanyang buong sarili at ang kanyang buong mundo ay nasa isang tipa lang ng keyboard, makukuha niya ang anumang gustuhin niya sa pagpapagana lang ng isang espesyal na epekto. Labis na kaakit-akit ang virtual na mundong iyon kay Xiaogang. Sa sandaling ito, mas lalong nangungulila si Xiaogang sa kanyang nakaraan at sa oras na ginugol niya sa paggampan ng kanyang tungkulin sa pangkat ng mga gumagawa ng video. Ganito lumipas ang mga araw, pagkatapos isang gabi, hindi makatulog si Xiaogang. Bakit hindi siya makatulog? Iniisip niya sa sarili niya: “Para ba sa akin ang pagiging isang aktor? Kung hindi ako para rito, dapat na agad akong bumalik sa pangkat ng mga gumagawa ng video. Magaan at madali ang tungkulin sa pangkat ng mga gumagawa ng video, umuupo lang ako sa harap ng kompyuter at kalahati na ng araw ang lumipas, at hindi ko kailangang magluto ng sarili kong pagkain. Hindi nakapapagod ang tungkuling iyon, lahat ay posible sa isang tipa lang sa aking keyboard, mayroon lang ng hindi maabot ng ating imahinasyon, walang imposible. Sa panahon ngayon, bilang isang aktor, kailangan kong matutunan ang aking mga linya araw-araw at bigkasin ang mga ito nang paulit-ulit. Subalit hindi pa rin naaayon sa pamantayan ang aking pagganap, madalas akong pinagagalitan ng direktor, at madalas akong pinupuna ng aking mga kapatid. Masyadong nakapapagod ang paggawa sa tungkuling ito, mas mabuting magtrabaho sa pangkat ng mga gumagawa ng video!” Habang mas iniisip niya ito, mas nangungulila siya para rito. Nagpaikot-ikot at nagpabaling-baling siya ng posisyon sa kalahati ng gabi, hindi makatulog, at nakatulog lang bago magmadaling-araw nang hindi na siya makapanatiling gising sa sobrang pagod. Pagmulat ni Xiaogang ng kanyang mga mata kinaumagahan, ang unang naisip niya ay: “Sa huli, dapat ba akong umalis o hindi? Dapat ba akong bumalik sa pangkat ng mga gumagawa ng video? Kung mananatili ako rito, hindi ko alam kung maituturing man lang na naaayon sa pamantayan ang pelikula pagkatapos namin itong kuhanan, at sino ang nakakaalam kung gaanong paghihirap ang dapat kong tiisin sa ngayon. Sadyang hindi para sa akin ang pagiging isang aktor! Noon, dala lang ng panandaliang kagustuhan at kapritso na ginusto kong maging aktor, naging magulo talaga ang isip ko! Tingnan mo, gumawa ako ng isang maling galaw at ngayon napakahirap nang kontrolin ang mga bagay-bagay, at wala akong makakausap tungkol sa paghihirap na ito. Batay sa kasalukuyan kong sitwasyon, tila hindi magiging madali para sa akin ang maging isang mahusay na aktor, kaya’t dapat na akong sumuko sa lalong madaling panahon. Sasabihin ko kaagad sa direktor na babalik na ako sa pangkat ng mga gumagawa ng

video, para hindi ako makaantala ng mga bagay-bagay sa kanila.” Pagkatapos, naglakas-loob si Xiaogang na sabihin ito sa direktor: “Tingnan mo, hindi para sa akin ang pagiging isang aktor, pero ako pa talaga ang pinili ninyo para dito—bakit hindi ninyo na lang ako hayaang bumalik sa pangkat ng mga gumagawa ng video?” Sinabi ng direktor: “Hindi maaari, kalahati na ng pelikulang ito ang nakuhanan natin. Kung magpapalit tayo ng mga aktor, maaantala niyon ang gawain natin, hindi ba?” Nagpumilit si Xiaogang at nagsabi: “Ano ngayon? Palitan ninyo ako ng sinumang gusto ninyo, wala itong kinalaman sa akin. Ano’t anuman, dapat ninyo akong pakawalan. Kung hindi ninyo ako pakakawalan, hindi ako magsisikap sa pag-arte!” Nakita ng direktor na mapilit si Xiaogang na umalis at na hindi nila matatapos ang paggawa ng pelikula, kaya’t hinayaan niya siyang umalis.

Bumalik sa wakas si Xiaogang sa pangkat ng mga gumagawa ng video mula sa pangkat ng mga gumagawa ng pelikula. Bumalik siya sa dati niyang pinagtatrabahuhan na alam na alam niya. Hinaplos niya ang kanyang upuan at ang kanyang kompyuter, at pamilyar ang pakiramdam ng mga ito. Mas gusto niya ang lugar na ito. Pumunta siya at umupo; malambot ang upuan at handa na ang kompyuter. “Mas mabuti ang paggawa ng mga video, hindi nakakapagod ang tungkuling ito. May mga kalamangan ang pagtatrabaho sa likod ng kamera, walang nakakaalam kung nagkakamali ka, at walang namumuna sa iyo, itinatama mo lang iyon kaagad-agad at tapos na iyon.” Sa wakas ay natuklasan ni Xiaogang ang mga kalamangan ng pagiging isang manggagawa sa likod ng kamera. Ano ang lagay ng loob niya sa sandaling ito? Nakararamdam siya ng labis na kaginhawahan at kasiyahan, at naiisip na: “Tama ang pinili ko. Binigyan ako ng Diyos ng isang pagkakataon at pinayagan akong makabalik sa trabahong ito. Ikinararantal kong magkaroon ng ganitong pribilehiyo!” Natutuwa siyang sa wakas ay tama ang pinili niya. Sa mga sumunod na araw, ginagawa ni Xiaogang ang mga pang-araw-araw na gawain ng pangkat ng mga gumagawa ng video. Walang espesyal na nangyayari sa panahong ito, at pinalilipas ni Xiaogang ang bawat araw sa ordinaryong paraan.

Isang araw, habang gumagawa ng isang video, biglang natuklasan ni Xiaogang sa isang programa ng sayaw ang isang nakakatawa at makisig binata na napakahusay magtanghal. Iniisip niya: “Kaedad ko lang siya; paanong marunong siyang sumayaw at ako ay hindi?” Dahil dito, muling natukso si Xiaogang. Anong ideya ang naiisip niya? (Pagsasayaw.) Nagkaroon ng ideya si Xiaogang na mag-aral ng pagsasayaw. Paulit-ulit niyang pinanood ang maikling video na ito at ang pagtatanghal ng binata. Pagkatapos ay nagtanong-tanong siya tungkol sa kung saan mag-aaral ng pagsasayaw, paano ito matututunan, at kung ano ang mga pinakapangunahing sayaw. Ginagamit niya rin madalas ang kaginhawahan ng pagiging nasa trabaho para maghanap sa kanyang kompyuter ng mga materyales sa pagtuturo, mga video, at mga sanggunian sa pag-aaral na may kinalaman sa pagsasayaw. Siyempre, habang naghahanap, hindi lang tumitingin si Xiaogang, natututo rin siya sa pamamagitan ng pag-eensayo. Para matutong sumayaw, gumigising si Xiaogang nang napakaaga araw-araw at natutulog nang gabing-gabi. Mula sa kanyang napakalimitadong pundasyon ng sayaw ng gymnastic, nagsimula

siyang pormal na mag-aral ng katutubong sayaw, gumigising nang maaga araw-araw upang mag-inat at magliyd. Sa proseso ng pag-aaral, nagtiis ng maraming pisikal na sakit, at gumugol ng maraming oras niya si Xiaogang, sa wakas ay nagkaroon ng ilang maliit na bunga. Pakiramdam ni Xiaogang ay dumating na sa wakas ang kanyang pagkakataon, na makasasayaw siya sa entablado dahil naniniwala siyang medyo mas malambot na ang kanyang katawan at may alam siyang ilang galaw sa pagsayaw. Gayundin, sa pamamagitan ng panggagaya at pag-aaral, halos nakabisado na niya ang pagsunod sa mga ritmo ng musika. Sa mga sitwasyong ito, pakiramdam ni Xiaogang na oras na para mag-aplay sa iglesia para baguhin ang kanyang tungkulin. Muli, pagkatapos ng paulit-ulit na pakikiusap, sa wakas ay natupad na ang kahilingan ni Xiaogang at sumali siya sa pangkat ng mga mananayaw para maging isang mananayaw. Mula noon, tulad ng iba pang mga mananayaw, gumigising nang maaga si Xiaogang para sa pagsasanay sa umaga at ine-ensayo ang programa ng sayaw, at regular na dumadalo sa mga pagtitipon, nagbabahaginan, at sinusuri at pinaplano ang programa ng sayaw kasama ang mga taong ito. Ginagawa niya lang ang gawaing ito araw-araw, at kapag natapos na ang araw, sa sobrang pagod niya ay nananakit ang kanyang likod at mga binti. Ganito ang bawat araw, umulan o umaraw. Nang nagsimula siya, puno ng pagkamausisa tungkol sa sayaw si Xiaogang, subalit nang naunawaan na niya at naging pamilyar na siya sa buhay at iba't ibang aspekto ng isang mananayaw, pakiramdam ni Xiaogang na ito lang ang mayroon sa pagsasayaw. Kailangan mong paulit-ulit na sumayaw, minsan ay napipilipit ang bukung-bukong, minsan ay nababatak ang likuran, at nanganganib na masaktan. Habang sumasayaw siya, iniisip niya, “Naku, mahirap ding magtrabaho bilang isang mananayaw. Araw-araw ay masyado kong pinapagod ang aking sarili na nangangamoy-pawis ang aking buong katawan. Hindi iyon ganoon kadali. Mas mahirap pa ito kaysa sa paggawa ng video! Hindi, kailangan kong magtiyaga!” Sa pagkakataong ito ay hindi siya madaling sumuko, at nagpursigi siya hanggang sa tuluyan siyang makarating sa huling ensayo para sa programa sa sayaw, na pagkatapos nito, ang kanilang sayaw ay ipinadala para sa pagsusuri. Sa araw ng pagsusuri, ano ang lagay ng loob ni Xiaogang? Sobrang sabik at puno ng pag-aasam para sa mga resulta ng kanyang pagsisikap na hindi man lang siya kumain ng pananghalian. Nagsikap siya nang husto, hindi ba? Sa wakas, nang inilabas na ang mga resulta, hindi pumasa ang kanilang sayaw sa unang yugto ng mga pagsusuri. Parang kidlat na tumama kay Xiaogang ang balita, at ang lagay ng loob niya ay bumagsak sa pinakamababang antas. Napaupo siya sa upuan, “Napakahaba ng ginugol namin sa sayaw na ito, at tinatanggihan mo ito sa isang salita lang? May alam ka ba sa pagsasayaw? Sumasayaw kami nang may mga prinsipyo, nagbayad kaming lahat ng halaga, at tinatanggihan mo ang aming sayaw nang ganoon lang?” Pagkatapos ay iniisip niya, “Nasa kamay nila ang desisyon, at kung hindi nila aaprubahan ang aming sayaw, kailangan namin itong muling ayusin. Walang sinumang maaaring makipagtalo tungkol dito. Wala na tayong iba pang magagawa, kaya magsimula tayo ulit.” Sa araw na tinanggihan ang kanilang sayaw sa

unang yugto ng mga pagsusuri, hindi kumain si Xiaogang ng kanyang pananghalian, at pinilit lang niyang kumain nang kaunti sa hapunan. Sa palagay ba ninyo ay nagawa niyang matulog nang gabing iyon? (Hindi siya makatulog.) Hindi na naman siya makatulog, tumatakbo ang kanyang isip, “Bakit lagi na lang palpak ang mga bagay saanman ako magpunta? Hindi ako pinagpala ng Diyos. Ang sayaw na pinagpaguran namin sa loob ng dalawang buwan ay hindi pumasa sa unang yugto ng mga pagsusuri. Hindi ko alam kung kailan ito papasa sa ikalawang yugto ng mga pagsusuri, at hindi ko alam kung gaano karaming oras ang kakailanganin naming gugulin para mangyari iyon. Kailan ako makakaakyat sa entablado at opisyal na makakapagtanghal? Wala nang pag-asang magiging sentro ako ng atensyon!” Nagpapalit-palit ang isip niya, nagnilay siya nang nagnilay, at naisip niya, “Mas maganda ang gawaing pang-video. Pupunta lang ako roon at uupo, titipa sa keyboard, at lalabas lahat ang mga bulaklak, halaman, at puno. Humuhuni ang mga ibon kapag pinahuhuni ko sila, tumatakbo ang mga kabayo kapag pinapatakbo ko sila, anuman ang gustuhin ko, mayroon niyon doon. Subalit sa pagsasayaw, kailangan naming pumasa sa mga pagsusuri, at araw-araw ay sobra kong pinapagod ang aking sarili na nangangamoy-pawis ako. Minsan sa sobrang pagod ko ay hindi ako makakain o makatulog nang maayos, at pagkatapos ay hindi pumasa sa unang yugto ng mga pagsusuri ang aming sayaw. Mahirap din ang tungkuling ito. Hindi ba’t mas mabuti kung babalik ako sa pangkat ng mga gumagawa ng video para magtrabaho?” Nag-isip siya nang nag-isip, “Pero napakakatawa-tawa ko naman, bakit nag-aalinlangan na naman ako? Hindi ako dapat nag-iisip nang ganito, matulog ka na!” Nakatulog siya, na parang lutang. Kinabukasan ay bumangon siya at halos nakalimutan na ang lahat ng tungkol dito, kaya’t nagpatuloy siya sa pagsasayaw at nagpatuloy sa huli nilang ensayo. Pagdating sa araw ng ikalawang yugto ng mga pagsusuri, kinakabahan na naman si Xiaogang. Nagtatanong siya: “Makapapasa ba ang sayaw natin sa pagsusuring ito?” Sinasabi ng lahat: “Sino ang nakakaalam? Kung hindi ito makapapasa, pinatutunayan nitong hindi pa ganoon kahusay ang ating pagsasayaw, at magpapatuloy tayong gawin ito. Kapag nakapasa ito, iyon ay kung kailan opisyal tayong magtatanghal at bibidyuhan ito. Hayaang mangyari ang dapat mangyari at harapin nang tama ang usaping ito.” Sinasabi ni Xiaogang na: “Hindi, maaari ninyong harapin ito nang tama, subalit wala akong oras para ryan.” Sa wakas, lumabas ang resulta ng ikalawang yugto, at muling hindi pumasa ang kanilang sayaw. Sinabi ni Xiaogang: “Hay, sabi ko na nga ba! Hindi madaling magtagumpay sa linyang ito ng gawain! Bata tayo, may kaaya-ayang hitsura, at marunong sumayaw. Hindi ba’t kalakasan ang mga ito? Naiinggit sa atin ang mga tagasuring iyon dahil hindi sila marunong sumayaw, kaya’t hindi nila ipapasa ang ating sayaw. Parang hindi ito kailanman papasa, hindi madali ang pagsasayaw, babalik na ako sa pangkat ng mga gumagawa ng video.” Noong gabing iyon ay natulog nang napakapayapa si Xiaogang, dahil napagpasyahan niyang mag-impake, umalis, at magpaalam kinabukasan.

Ano’t anuman ang kaso, sa wakas ay muling natupad ang kahilingan ni Xiaogang na bumalik sa pangkat ng mga gumagawa ng video, nakaupong muli sa harap ng

kanyang kompyuter. Pinagninilayan niya ang mga pamilyar na damdamin mula sa nakalipas, at iniisip na, “Ipinanganak ako para gumawa ng trabaho sa likod ng kamera. Maaari lang akong maging isang di-kilalang bayani; wala akong tsansang mapunta sa entablado o maging sikat sa buhay na ito. Magpapakabait na lang ako at patuloy na titipa sa keyboard. Ito ang aking tungkulin, kaya gagawin ko na lang ang trabahong ito.” Pinirmi niya ang kanyang sarili pagkatapos ng lahat ng pabalik-balik na ito. Ang kanyang pangalawang pangarap ay nasira at hindi natupad. Si Xiaogang ay isang “masigasig at palaaral” na tao, at isang “masigasig at ambisyosong” tao—sa tingin ba ninyo ay malamang na handa siyang umupo sa harap ng isang kompyuter at gumawa ng gayong nakakapagod na gawain? Hindi, malamang na hindi niya ito gagawin.

Kamakailan, nahumaling si Xiaogang sa pagkanta. Paano siya nagbabago nang ganoon kabilis? Bakit siya nahuhumaling dito, bakit hindi siya makaiwas sa entablado? May isang bagay na nakatago sa kanyang puso. Sa pagkakataong ito ay hindi siya padalos-dalos na nakiusap na baguhin ang kanyang tungkulin; naghahanap lang siya ng mga materyales araw-araw at sinasanay niya ang kanyang kakayahan ng boses at ang kanyang pagkanta. Madalas siyang nagsasanay hanggang mamaos siya, minsan hanggang sa ni hindi niya kayang makalikha ng tunog. Gayumpaman, hindi pa rin pinanghihinaan ng loob si Xiaogang, dahil sa pagkakataong ito ay nagbago na siya ng estratehiya. Sinasabi niya na, “Sa pagkakataong ito, hindi ko maaaring baguhin ang aking tungkulin nang hindi nauunawaan ang aktuwal na sitwasyon. Kailangan ko talagang maging maingat, kung hindi, kukutyain ako ng mga tao. Ano ang iisipin nila sa akin kung palagi kong binabago ang aking tungkulin? Bababa ang tingin nila sa akin. Sa pagkakataong ito kailangan kong patuloy na magsanay hanggang sa tingin ko ay kaya ko nang maging isang bituin sa pag-awit, kasinggaling ng mga mang-aawit sa iglesia, pagkatapos ay magpapatala ako sa pangkat ng mga gumagawa ng himno.” Nagsisikap siyang magsanay nang ganito araw-araw, kapwa sa kanyang bakanteng oras at sa trabaho, nagsasanay nang walang sawa. Isang araw, habang nagtatrabaho si Xiaogang, bigla siyang sinabihan ng lider ng kanyang pangkat: “Xiaogang, anong uri ng trabaho ang ginagawa mo? Kung pabasta-basta ka uli tulad nito at hindi magsisikap sa iyong trabaho, hindi ka na papayagang gawin ang tungkuling ito.” Sinabi ni Xiaogang: “Wala akong ginawang anuman.” Pagkatapos, pinalibutan siya ng lahat, nagsasabing “Xiaogang, ano ang nangyari? Ay, nakagawa ka ng isang napakalaking pagkakamali! Napakaraming beses nang iwinasto ng ang Itaas ang ganitong uri ng pagkakamali, paanong nagawa mo pa rin ito? Ito ay dahil nagsasanay ka sa pagkanta araw-araw at hindi tumututok sa pag-eedit ng video, kaya palagi kang nagkakamali at naaantala mo ang mahahalagang bagay. Kung magkakamali kang muli nang ganito, papatalsikin ka ng iglesia. Hindi ka na nito gugustuhin, at tatanggihan ka naming lahat!” Patuloy na nagpaliwanag si Xiaogang: “Hindi ko ito sinasadya, mag-iingat na ako mula ngayon, bigyan ninyo ako ng isa pang pagkakataon. Huwag ninyo akong patalsikin, nagmamakaawa ako sa inyo, huwag ninyo akong patalsikin! O Diyos, iligtas Mo ako!” Nang tumawag siya, nakaramdam siya ng isang

malaking kamay na tumapik sa kanyang balikat, nagsasabing, “Xiaogang, gumising ka! Gumising ka, Xiaogang!” Ano ang nangyayari? (Nananaginip siya.) Nananaginip siya. Nakapikit ang kanyang mga mata at tulala siya, sumusunggab at kumakamot sa hangin ang kanyang mga kamay. Nagtataka ang lahat kung ano ang nangyari at pagkatapos ay nakita nila si Xiaogang na nakayukong natutulog sa kanyang keyboard. Tinapik siya ng isang kapatid, at pagkatapos ng ilang pagtulak ay nagising na rin sa wakas si Xiaogang. Pagkagising niya, sinabi niya: “Naku, anong katatakutan iyon, papatalsikin na ako.” “Para saan?” Iniisip ito ni Xiaogang at nakikitang walang nangyari. Lumalabas na panaginip lang talaga iyon, nagising siya sa takot ng isang panaginip. Iyon ang katapusan ng kuwento—iyon ang “Mga Pangarap ni Xiaogang.”

Anong problema ang tinatalakay sa kuwentong ito? Ang katunayan na madalas na magkasalungat ang mga pangarap at ang realidad. Kadalasan, iniisip ng mga tao na lehitimo ang kanilang mga pangarap, subalit hindi nila alam na hindi talaga magkatulad ang mga pangarap at ang katotohanan. Ang mga pangarap ay di-makatotohanang pagnanais mo lang, pansamantalang interes mo lang. Kadalasan, ito ay ang mga kagustuhan, ambisyon, at pagnanais ng mga tao na naging mga layunin ng kanilang mga paghahangad. Ganap na salungat ang mga pangarap ng mga tao sa realidad. Kung masyadong maraming pangarap ang mga tao, anong mga pagkakamali ang madalas nilang magagawa? Kakaligtaan nila ang gawain sa harap nila na dapat nilang ginagawa sa sandaling iyon. Ipagwawalang-bahala nila ang realidad, at isasantabi ang mga tungkuling dapat nilang gampanan, ang gawaing dapat nilang tapusin, at ang mga obligasyon at responsabilidad na dapat nilang tuparin sa panahong iyon. Hindi nila seseryosohin ang mga bagay na ito at patuloy lang nilang susundan ang kanilang mga pangarap, palaging nagmamadali at nagsisikap para matupad ang mga ito, at gumagawa ng maraming walang-kabuluhang bagay. Sa ganitong paraan, hindi lang sila mabibigong gampanan ang kanilang mga tungkulin nang maayos, maaari din nilang maantala at maabala ang gawain ng iglesia. Maraming tao ang hindi nakakaunawa sa katotohanan o naghahangad sa katotohanan. Paano nila tinatrato ang pagganap ng isang tungkulin? Tinatrato nila ito bilang isang uri ng trabaho, isang uri ng libangan, o isang pamumuhunan ng kanilang interes. Hindi nila ito tinatrato na isang misyon o isang gawaing ibinigay ng Diyos, o isang responsabilidad na dapat nilang tuparin. Lalong hindi nila hinahangad na maunawaan ang katotohanan o ang mga layunin ng Diyos sa paggampan ng kanilang mga tungkulin, para magampanan nila nang maayos ang kanilang mga tungkulin at makompleto ang atas ng Diyos. Samakatwid, sa proseso ng paggampan ng kanilang mga tungkulin, may ilang taong umaayaw sa sandaling magtiis sila ng kaunting hirap at gusto nilang tumakas. Kapag nakakatagpo sila ng ilang paghihirap o dumaranas ng ilang kabiguan, umaatras sila, at gusto nilang muling tumakas. Hindi nila hinahanap ang katotohanan; iniisip lang nilang tumakas. Tulad ng mga pagong, kung may nangyayaring anumang mali, nagtatago lang sila sa kanilang talukab, pagkatapos ay naghihintay hanggang sa matapos ang problema bago sila muling lumitaw. Maraming tao ang ganito.

Sa partikular, may ilang tao na, kapag sinabihang akuin ang responsabilidad para sa ilang partikular na trabaho, ay hindi iniisip kung paano nila maiaalay ang kanilang katapatan, o kung paano gagampanan ang tungkuling ito at gagawin ang gawaing ito nang maayos. Sa halip, iniisip nila kung paano makaiiwas sa responsabilidad, kung paano makaiiwas sa pagpupungos, kung paano makaiiwas sa pag-ako ng anumang responsabilidad, at kung paano lilitaw na walang pinsala kapag may mga nangyayaring problema o pagkakamali. Iniisip muna nila ang kanilang sariling ruta sa pagtakas at kung paano matutugunan ang kanilang mga sariling kagustuhan at interes, hindi kung paano gagampanan nang maayos ang kanilang mga tungkulin at iaalay ang kanilang katapatan. Makakamit ba ng mga taong tulad nito ang katotohanan? Hindi sila nagsisikap para sa katotohanan, at hindi nila isinasagawa ang katotohanan pagdating sa pagganap ng kanilang mga tungkulin. Para sa kanila, palaging mas luntian ang damo sa kabilang bakod. Ngayon gusto nilang gawin ito, bukas gusto nilang gawin iyon, at iniisip nilang mas mabuti at mas madali ang mga tungkulin ng lahat ng iba pa kaysa sa kanila. Gayumpaman, hindi sila nagsisikap para sa katotohanan. Hindi nila iniisip kung ano ang mga problema sa mga ideya nilang ito, at hindi nila hinahanap ang katotohanan para lutasin ang mga problema. Palaging nakatuon ang isipan nila sa kung kailan matutupad ang sarili nilang mga pangarap, kung sino ang nasa sentro ng atensiyon, kung sino ang nakakakuha ng pagkilala mula sa ang Itaas, kung sino ang nagtatrabaho nang hindi pinupungusan at inaangat. Puno ng ganitong mga bagay ang kanilang isipan. Matutupad ba ng mga tao na laging nag-iisip tungkol sa mga bagay na ito ang kanilang mga tungkulin sa paraang pasok sa pamantayan? Hindi nila ito kailanman maisasakatuparan. Kaya, anong uri ng mga tao ang gumaganap ng kanilang mga tungkulin sa ganitong paraan? Sila ba ay mga taong naghahangad sa katotohanan? Una, isang bagay ang tiyak: Ang mga taong tulad nito ay hindi naghahangad sa katotohanan. Hinahangad nilang tamasahin ang ilang pagpapala, maging sikat, at maging sentro ng atensiyon sa sambahayan ng Diyos, tulad noong nakararaos sila sa lipunan. Pagdating sa diwa, anong uri sila ng mga tao? Sila ay mga hindi mananampalataya. Ginagampanan ng mga hindi mananampalataya ang kanilang mga tungkulin sa sambahayan ng Diyos tulad ng sa paggawa nila sa labas na mundo. May pakialam sila sa kung sino ang itinataas ng posisyon, kung sino ang nagiging lider ng pangkat, kung sino ang nagiging lider ng iglesia, kung sino ang pinupuri ng lahat para sa kanilang trabaho, at kung sino ang itinaas at binanggit. May pakialam sila sa mga bagay na ito. Katulad lang ito sa isang kumpanya: Kung sino ang itinataas ng posisyon, kung sino ang tinataasan ng sahod, kung sino ang nakatatanggap ng papuri ng lider, at kung sino ang nagiging pamilyar sa lider—may pakialam ang mga tao sa mga bagay na ito. Kung hinahangad din nila ang mga bagay na ito sa sambahayan ng Diyos, at abala sa mga bagay na ito sa buong araw, hindi ba't katulad sila ng mga walang pananampalataya? Sa diwa, sila ay mga walang pananampalataya; sila ay mga karaniwang hindi mananampalataya. Anumang tungkulin ang kanilang ginagampanan, magtatrabaho lang sila at kikilos nang pabasta-basta.

Anumang sermon ang kanilang naririnig, hindi pa rin nila tinatanggap ang katotohanan, at lalong hindi nila isinasagawa ang katotohanan. Nananampalataya sila sa Diyos sa loob ng maraming taon nang hindi dumaranas ng anumang pagbabago, at kahit ilang taon nilang ginagampanan ang kanilang mga tungkulin, hindi nila magagawang ialay ang kanilang katapatan. Wala silang tunay na pananalig sa Diyos, wala silang katapatan, sila ay mga hindi mananampalataya.

Natatakot ang ilang tao na umako ng responsabilidad habang ginagampanan ang kanilang tungkulin. Kung binibigyan sila ng iglesia ng isang trabahong gagawin, iisipin muna nila kung hinihingi ng trabaho na umako sila ng responsabilidad, at kung oo, hindi nila tatanggapin ang trabaho. Ang mga kondisyon nila sa paggampan ng isang tungkulin ay, una, na ito ay dapat na isang maluwag na trabaho; pangalawa, na hindi ito matrabaho o nakawkapagod; at pangatlo, na kahit anong gawin nila, wala silang aakuing anumang responsabilidad. Ito lang ang uri ng tungkuling tinatanggap nila. Anong uri ng tao ito? Hindi ba't isa itong tuso at mapanlinlang na tao? Ayaw niyang pasanin kahit ang pinakamaliit na responsabilidad. Kinatatakutan pa nga niya na mababasag ng mga dahon ang kanyang bungo kapag nahulog ang mga ito mula sa mga puno. Anong tungkulin ang magagampanan ng taong tulad nito? Ano ang pakinabang niya sa sambahayan ng Diyos? Ang gawain ng sambahayan ng Diyos ay may kinalaman sa gawain ng pakikipaglaban kay Satanas, gayundin sa pagpapalaganap ng ebanghelyo ng kaharian. Anong tungkulin ang walang mga kaakibat na responsabilidad? Masasabi ba ninyong may kaakibat na responsabilidad ang pagiging lider? Hindi ba't mas mabigat ang kanilang mga responsabilidad, at hindi ba't mas lalo silang dapat na umako ng responsabilidad? Nangangaral ka man ng ebanghelyo, nagpapatotoo, gumagawa ng mga video, at iba pa—anuman ang iyong gawain—hangga't nauukol ang mga ito sa mga katotohanang prinsipyo, may mga kaakibat itong responsabilidad. Kung walang prinsipyo ang paggampan mo ng iyong tungkulin, makakaapekto ito sa gawain ng sambahayan ng Diyos, at kung natatakot kang umako ng responsabilidad, hindi mo magagampanan ang anumang tungkulin. Duwag ba ang isang taong natatakot na umako ng responsabilidad sa paggampan ng kanyang tungkulin, o may problema sa kanyang disposisyon? Dapat ay masabi mo ang pagkakaiba. Ang katunayan ay hindi ito isyu ng karuwagan. Kung kayamanan ang habol ng taong iyon, o gumagawa siya ng isang bagay para sa kanyang sariling interes, paanong siya ay napakatapang? Aakuin niya ang anumang panganib. Subalit kapag gumagawa siya ng mga bagay-bagay para sa iglesia, para sa sambahayan ng Diyos, wala siyang inaako na anumang panganib. Ang gayong mga tao ay makasarili at ubod ng sama, ang pinakataksil sa lahat. Ang sinumang hindi umaako ng responsabilidad sa paggampan ng isang tungkulin ay walang ni katiting na sinseridad sa Diyos, lalong wala siyang katapatan. Anong uri ng tao ang nangangahas na umako ng responsabilidad? Anong uri ng tao ang may tapang na magbuhat ng mabigat na pasanin? Ang sinumang nangunguna at buong tapang na humaharap sa pinakamahalagang sandali sa gawain ng sambahayan ng Diyos, na hindi

natatakot na magpasan ng isang mabigat na responsabilidad at magtiis ng matinding paghihirap kapag nakita niya ang gawain na pinakaimportante at pinakamahalaga. Iyon ay isang taong tapat sa Diyos, isang mabuting sundalo ni Cristo. Ito ba ay ang kaso kung saan ang lahat ng natatakot na umako ng responsabilidad sa kanilang tungkulin ay ginagawa iyon dahil hindi sila nakakaunawa sa katotohanan? Hindi; isa itong problema sa kanilang pagkatao. Wala silang pagpapahalaga sa katarungan o responsabilidad, sila ay mga taong makasarili at ubod ng sama, hindi tunay na mananampalataya ng Diyos, at hindi nila tinatanggap ang katotohanan kahit kaunti. Dahil dito, hindi sila maliligtas. Ang mga nananampalataya sa Diyos ay dapat magbayad ng malaking halaga para makamit ang katotohanan, at makakaharap sila ng maraming balakid sa pagsasagawa nito. Dapat nilang talikuran ang mga bagay-bagay, talikuran ang kanilang mga interes ng laman, at tiisin ang ilang pagdurusa. Saka lang nila maisasagawa ang katotohanan. Kaya, maisasagawa ba ang katotohanan ng isang taong natatakot na umako sa responsabilidad? Tiyak na hindi niya maisasagawa ang katotohanan, lalong hindi niya ito makamit. Natatakot siyang magsagawa ng katotohanan, na makaranas ng kalugihan sa kanyang mga interes; natatakot siyang mapahiya, sa panghahamak, at sa panghuhusga, at hindi siya nangangahas na magsagawa ng katotohanan. Dahil dito, hindi niya ito makamit, at gaano karaming taon man siyang nananampalataya sa Diyos, hindi niya makamit ang Kanyang kaligtasan. Ang mga kayang gumampan ng isang tungkulin sa sambahayan ng Diyos ay dapat na mga taong may pagkaramdam sa pasanin pagdating sa gawain ng iglesia, na umaako ng responsabilidad, na pinaninindigan ang mga katotohanang prinsipyo, at na kayang magdusa at magbayad ng halaga. Kung ang isang tao ay nagkukulang sa mga larangang ito, hindi siya karapat-dapat na gumampan ng isang tungkulin, at hindi niya tinataglay ang mga kondisyon para sa paggampan ng tungkulin. Maraming tao ang natatakot na umako ng responsabilidad sa paggampan ng isang tungkulin. Naipamamalas ang kanilang takot sa tatlong pangunahing paraan. Ang una ay na sadyang pinipili nila ang mga tungkulin na hindi nangangailangan ng pag-ako ng responsabilidad. Kung isinaayos ng isang lider ng iglesia na gumampan sila ng isang tungkulin, itatanong muna nila kung kailangan ba nilang akuin ang responsabilidad para dito: kung oo, hindi nila ito tinatanggap. Kung hindi nito hinihingi sa kanilang akuin ang responsabilidad at managot para dito, tinatanggap nila ito nang may pag-aatubili, subalit kailangan pa ring makita kung nakakapagod o nakakaabala ang trabaho, at sa kabila ng may pag-aatubili nilang tanggapin ang tungkulin, wala silang motibasyong gampanan ito nang maayos, pinipili pa ring maging pabasta-basta. Ang paglilibang, hindi pagtatrabaho, at kawalang-paghihirap sa katawan—ito ang kanilang prinsipyo. Ang pangalawa ay na kapag nakakaranas sila ng paghihirap o nakakatagpo ng isang problema, ang una nilang tugon ay ang iulat ito sa isang lider at hayaan ang lider na asikasuhin at lutasin ito, sa pag-asang mapananatili nila ang kanilang kaluwagan. Wala silang pakialam kung paano inaasikaso ng lider ang isyu at hindi nila ito iniisip—hangga’t hindi sila mismo ang umaako ng responsabilidad, lahat ay mabuti

para sa kanila. Ang gayong paggampan ba ng tungkulin ay tapat sa Diyos? Tinatawag itong pagpapasa ng responsabilidad, pagpapabaya sa tungkulin, pagiging tuso. Salita lang itong lahat; wala silang ginagawang anumang tunay. Sinasabi nila sa kanilang sarili na, “Kung ako ang dapat mag-ayos sa bagay na ito, paano kung sa huli ay magkamali ako? Kapag tinitingnan nila kung sino ang dapat sisihin, hindi ba’t ako ang haharapin nila? Hindi ba’t ang responsabilidad para dito ay unang babagsak sa akin?” Ito ang inaalala nila. Subalit naniniwala ka bang sinisiyasat ng Diyos ang lahat? Ang lahat ay nagkakamali. Kung ang isang tao na may tamang layunin ay kulang sa karanasan at hindi pa nakapag-asikaso ng ganitong uri ng usapin noon, pero ginawa niya ang kanyang makakaya, nakikita iyon ng Diyos. Dapat kang maniwala na sinisiyasat ng Diyos ang lahat ng bagay at ang puso ng tao. Kung hindi man lang ito pinaniniwalaan ng isang tao, hindi ba’t isa siyang hindi mananampalataya? Anong kabuluhan ang mayroon sa paggampan ng gayong tao ng isang tungkulin? Hindi naman talaga mahalaga kung ginagampanan niya o hindi ang tungkuling ito, hindi ba? Natatakot siyang umako ng responsabilidad at umiiwas siya sa responsabilidad. Kapag may nangyayari, hindi siya agad na sumusubok na mag-isip ng paraan para pangasiwaan ang problema, sa halip, tumatawag at nagsasabi muna siya sa lider. Siyempre, may ilang taong sinusubukang asikasuhin ang problema sa sarili nila habang inaabisuhan nila ang lider, subalit hindi ito ginagawa ng ibang tao, at ang unang ginagawa nila ay ang tawagin ang lider, at pagkatapos ng tawag, pasibo lang silang naghihintay, naghihintay ng mga tagubilin. Kapag inutusan sila ng lider na gumawa ng isang hakbang, gumagawa sila ng isang hakbang; kung sinabi ng lider na gumawa ng isang bagay, ginagawa nila ito. Kung walang sinasabi o hindi nagbibigay ng tagubilin ang lider, wala silang ginagawa at nagpapaliban lang. Kung walang sinumang nag-uudyok sa kanila o nangangasiwa sa kanila, wala silang ginagawang anumang gawain. Sabihin mo sa Akin, ang gayong tao ba ay gumagawa ng isang tungkulin? Kahit pa nagtatrabaho siya, wala siyang katapatan! May isa pang paraan kung paano naipamamalas ng isang tao ang takot na umako sa responsabilidad sa paggampan ng isang tungkulin. Kapag ginagampanan nila ang kanilang tungkulin, may ilang taong gumagawa lang ng kaunting mababaw at simpleng gawain, gawaing hindi nangangailangan ng pag-ako sa responsabilidad. Ibinabato nila sa iba ang trabahong may mga kaakibat na paghihirap at pag-ako ng responsabilidad, at kung sakaling may mangyayaring mali, isinisisi nila ito sa mga taong iyon at lumalayo sila sa gulo. Kapag nakikita ng mga lider ng iglesia na iresponsable sila, matiyaga ang mga itong nag-aalok ng tulong, o pinupungusan sila, para magawa nilang umako ng responsabilidad. Subalit ayaw pa rin nila, at iniisip nila na, “Mahirap gawin ang tungkuling ito. Kailangan kong managot kapag nagkaroon ng problema, at maaari pa nga akong mapaalis at matiwalag, at iyon na ang magiging katapusan ko.” Anong klaseng saloobin ito? Kung wala silang pagpapahalaga sa responsabilidad sa paggampan ng kanilang tungkulin, paano nila magagampanan ang tungkulin nila nang maayos? Ang mga hindi tunay na ginugugol ang kanilang sarili para sa Diyos ay hindi makakayang gampanan nang mabuti ang

anumang tungkulin, at iyong mga natatakot na umako ng responsabilidad ay mag-aantala lang sa mga bagay-bagay kapag ginampanan nila ang kanilang mga tungkulin. Ang gayong mga tao ay hindi mapagkakatiwalaan o maaasahan; ginagampanan lang nila ang kanilang tungkulin para may makain. Dapat bang itiwag ang mga “pulubi” na tulad nito? Dapat. Hindi gusto ng sambahayan ng Diyos ang gayong mga tao. Ito ang tatlong pagpapamalas ng mga taong natatakot na umako ng responsabilidad sa paggampan ng kanilang tungkulin. Ang mga taong natatakot na umako ng responsabilidad sa kanilang tungkulin ay ni hindi man lang makakayang abutin ang antas ng isang tapat na trabahador, at hindi karapat-dapat na gumampan ng isang tungkulin. Itiniwalag ang ilang tao dahil sa ganitong uri ng saloobin sa kanilang tungkulin. Kahit ngayon, maaaring hindi nila alam ang dahilan at nagrereklamo pa rin sila, nagsasabing, “Ginawa ko ang aking tungkulin nang buong sigasig, kaya’t bakit walang-puso nila akong pinalayas?” Kahit ngayon, hindi nila nauunawaan. Ang mga hindi nakakaunawa sa katotohanan ay gumugugol ng kanilang buong buhay nang hindi nauunawaan kung bakit sila itiniwalag. Nagdadahilan sila para sa kanilang sarili, at patuloy na ipinagtatangol ang kanilang sarili, iniisip na, “Likas para sa mga tao na protektahan ang kanilang sarili, at dapat nila itong gawin. Sino ba ang hindi dapat nag-iingat sa kanilang sarili nang kaunti? Sino ba ang hindi dapat na nag-iisip para sa kanilang sarili nang kaunti? Sino ang hindi nangangailangan na magpanatiling bukas ng isang ruta ng pagtakas para sa kanilang sarili?” Kung pinoprotektahan mo ang iyong sarili sa tuwing may mangyayari sa iyo at nag-iiwan ka para sa iyong sarili ng isang ruta ng pagtakas, isang alternatibong plano, isinasagawa mo ba ang katotohanan? Hindi ito pagsasagawa sa katotohanan—pagiging tuso ito. Gumagampan ka ngayon ng iyong tungkulin sa sambahayan ng Diyos. Ano ang unang prinsipyo sa pagtupad ng isang tungkulin? Ito ay na kailangan mo munang gampanan ang tungkuling iyon nang buong puso, lubos na pagsikapan, at protektahan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Ito ay isang katotohanang prinsipyo, isa na dapat mong isagawa. Ang pagprotekta sa sarili sa pamamagitan ng pag-iiwan para sa sarili ng isang ruta ng pagtakas, isang alternatibong plano, ay ang prinsipyo ng pagsasagawa na sinusunod ng mga walang pananampalataya, at ang pinakamataas nilang pilosopiya. Ang pagsasaalang-alang sa sarili muna sa lahat ng bagay at ang paglalagay sa sariling interes bago ang lahat, hindi iniisip ang iba, hindi nagkakaroon ng kaugnayan sa mga interes ng sambahayan ng Diyos at mga interes ng iba, iniisip muna ang mga sariling interes at pagkatapos ay nag-iisip ng isang ruta sa pagtakas—hindi ba’t iyon ay kung ano ang isang walang pananampalataya? Ito eksakto ang isang walang pananampalataya. Ang ganitong uri ng tao ay hindi karapat-dapat na gumampan ng isang tungkulin. May ilang tao pa ring tulad ni Xiaogang na mula sa kuwento—isa siyang tipikal na halimbawa. Wala silang nagagawang anuman sa praktikal na pamamaraan. Gusto nilang makaiwas sa gulo sa lahat ng kanilang ginagawa. Ayaw nilang makaranas ng kahit kaunting paghihirap o pagkabigo. Kailangang maginhawa ang kanilang laman, dapat na nakakakain at nakatutulog sila sa mga regular na oras, at

hindi sila dapat nahahanginan o nabibilad sa araw. Bukod pa rito, hindi sila umaako ng anumang responsabilidad sa kanilang trabaho. Ang ginagawa nila ay dapat isang bagay na gusto nila, isang bagay kung saan sila mahusay, isang bagay na bukal sa loob nilang gawin. Kung hindi nila ginagawa ang gusto nila, wala silang kahit katiting na pagsunod. Palagi silang pabago-bago ng plano at nagdadalawang-isip. Hindi sila kailanman buong-puso sa kanilang ginagawa—palagi silang may isang paa sa loob at isang paa sa labas. Kapag nagdurusa sila, gusto nilang umatras. Hindi nila matiis ang mapungusan. Ayaw nilang tugunan ang mas matataas na hinihingi. Hindi nila kayang magdusa. Ang kanilang ginagawa ay ganap na nakasalalay sa kanilang sariling interes at sa kanilang sariling plano—wala sa kanila ang kahit katiting na pagsunod. Kung hindi kayang hanapin ng ganitong uri ng tao ang katotohanan at pagnilayan ang kanyang sarili, mahirap baguhin ang mga pagsasagawa at tiwaling disposisyon ng ito. Ang paggampan ng isang tungkulin bilang isang mananampalataya ng Diyos ay nangangailangan ng kahit man lang kaunting sinseridad. Sa tingin mo ba ay sinsero ang mga taong ito? Kapag kinakailangan ng seryosong pagsisikap, naduduwaag sila. Wala silang ni katiting na sinseridad. Malaking abala ito at mahirap itong asikasuhin. Pakiramdam nila ay napakahusay nila, at pakiramdam nila ay naagrabyado sila kahit nang tinanggal o pinungusan sila. Malaking abala kung hindi hinahanap ng mga tao ang katotohanan o hindi sila pumapasok sa katotohanang realidad. Sapat na iyon para sa paksang ito—pumunta tayo sa pangunahing punto.

Isang Paghihimay Kung Paano Hinihimok ng mga Anticristo ang Iba na sa Kanila Lang Magpasakop, Hindi sa Katotohanan o sa Diyos

Ang pagbabahaginan ngayon ay nasa ikawalong aytem ng iba't ibang paraan kung saan nagpapamalas ang mga anticristo: Hinihimok nila ang iba na sa kanila lang magpasakop, hindi sa katotohanan o sa Diyos. Nauunawaan ba ninyo ang aytem na ito? Isaalang-alang muna ninyo kung aling mga pagpapamalas ng aytem na ito ang kaya ninyong itugma sa kung ano ang inyong nauunawaan. Hinihimok nila ang iba na sa kanila lang magpasakop, hindi sa katotohanan o sa Diyos—madaling maunawaan ang literal na kahulugan, pero sa loob nito ay marami ang kalagayan, at iba't ibang disposisyon na ipinapakita ng ilang uri ng mga tao, o iba't ibang pag-uugali na ipinapakita ng iba't ibang disposisyon. Isa itong malaking paksa; kailangan natin itong pagbahaginan mula sa ilan sa mas maliliit nitong katangian. Para ipaliwanag ang aytem na ito ayon sa literal na kahulugan nito, kadalasang sinasabi ng mga taong nangangaral ng mga salita at doktrina: “Nangangahulugan ito ng pakikinig sa kanila sa lahat ng bagay—ginagawa nilang makinig sa kanila ang mga tao, kahit na hindi naaayon sa katotohanan ang mga sinasabi nila. Kapag nangangaral sila ng ilang salita at doktrina, ginagawa nilang makinig sa kanila ang iba; kapag nagsasabi sila ng isang parirala, ginagawa nilang makinig dito ang iba. Palagi silang mahilig sa pagbibigay ng mga utos sa iba, sa pagtatalaga ng trabaho sa iba, at sa pamimilit sa ibang pakinggan sila.” Hindi ba't ganoon ang madalas

nilang sabihin kapag nagsasalita sila nang bahagya sa literal na kahulugan nito? Ano pa? “Iniisip nilang tama sila sa lahat ng bagay. Ginagawa nilang makinig sa kanila ang lahat, at ginagawang magpasakop ang mga tao sa sinasabi nila, kahit hindi ito alinsunod sa katotohanan. Itinuturing nila ang sarili nila bilang ang katotohanan at bilang Diyos, at sa pakikinig sa kanila, nagpapasakop ang mga tao sa katotohanan at sa Diyos. Iyon ang ibig sabihin nito.” Kung kayo ang nagsasalita sa paksang ito, isaalang-alang ninyo kung paano ninyo ito dapat gawin. Kung magsisimula kayo sa inyong nakita o naranasan nang personal, saang elemento kayo magsisimula? Sa sandaling magsalita tayo tungkol sa realidad, wala kayong masasabi. Wala rin ba kayong masasabi sa inyong karaniwang pakikipagbahaginan sa mga kapatid, kung gayon? Paano ninyo magagawa nang maayos ang inyong trabaho nang hindi nagsasalita? Magsalita muna kayo nang kaunti tungkol sa ilang kongkretong paraan at pag-uugali ng pagpapamalas na ito. Alin sa mga ito ang nakita o nasaksihan ninyo dati? May anumang ideya ba kayo? (Kapag ginagawa ko ang aking tungkulin, nakakakuha ako ng ilang ideya na medyo malakas, at talagang gusto kong gawin ang mga ito. Sa palagay ko ang mga kaisipan kong ito ay mabuti at tama, at kapag nag-aalinlangan ang iba tungkol sa mga ito, sinasabi kong hindi dapat ipagpaliban ang usapin, na kailangan itong ayusin kaagad. Pagkatapos, sapilitan kong ginagawa ang binabalak ko. Siguro ay gusto ng iba na maghanap, pero ayaw ko silang bigyan ng oras—gusto kong gawin nila ang bagay nang naaayon sa aking mga ideya.) Iyan ay isang kongkretong pagpapamalas. Sino ang magsasabi ng iba pa? (Minsan akong nakipagbahaginan sa mga kapatid tungkol sa usapin ng pag-aangat at paglilinang sa isang tao. Sa katunayan ay itinakda ko na ang puso ko sa pag-aangat ng taong iyon. Pakiramdam ko ay naghanap na ako mula sa ang Itaas, at walang problema sa pag-aangat sa kanya. Ilan sa mga kapatid ang hindi pa nakakaunawa sa usapin nang lubos, at hindi ako nagbahagi tungkol sa kung bakit dapat namin iangat ang taong iyon, kung ano ang mga prinsipyo, o kung ano ang katotohanan—pilit ko lang sinabi sa kanila ang mga paraan kung saan mabuti ang taong iyon, na ang pag-aangat sa kanya ay naaayon sa mga prinsipyo. Pinilit ko silang sundin ako, na paniwalaang tama ang bagay na ginagawa ko.) Nagsasalita kayo tungkol sa isang klase ng mga problema, isang klase ng mga kalagayan, na tumutugma sa kabuuan sa aytem na ito. Tila hanggang sa kaunting literal na pang-unawang iyon lang ang inyong pagkaunawa sa katotohanan, kaya kailangan Kong magbahagi tungkol dito. Kung medyo nauunawaan na ninyo ang aytem na ito, lalampasan natin ito at magbabahaginan tungkol sa susunod. Gayumpaman, tila hindi pa natin ito puwedeng gawin, at kailangang magbahaginan tungkol dito gaya ng nakaplano.

Ang ikawalong aytem ng iba’t ibang pagpapamalas ng mga anticristo ay: Hinihimok nila ang iba na sa kanila lang magpasakop, hindi sa katotohanan o sa Diyos. Dito, may ilang pagpapahayag ng diwa ng isang anticristo. Tiyak na hindi ito iisang usapin, iisang parirala, iisang pananaw, o iisang paraan ng pag-aasikaso ng mga bagay-bagay; sa halip, ito ay isang disposisyon. Anong disposisyon ito, kung gayon? Naipapamalas ito sa maraming paraan. Ang unang paraan ay na ang gayong mga tao ay walang

kakayahang makipagtulungan sa kahit na kanino. Isa ba iyang paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay? (Hindi, isa itong disposisyon.) Tama iyan—ito ay ang pagbubunyag ng isang disposisyon, isa na ang diwa ay pagmamataas at pagmamagaling. Walang kakayahang makipagtulungan ang gayong mga tao sa kahit na kanino. Iyan ang una. Ang pangalawang paraan na naipapamalas ito ay na mayroon silang pagnanais at ambisyon na kontrolin at lupigin ang mga tao. Iyan ba ay isang disposisyon? (Oo.) Ito ba ay isang paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay? (Hindi.) Naiiba ba ito sa mga bagay na sinabi ninyo? Nagsalita kayo tungkol sa iisang pangyayari, iisang paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay—hindi diwa ang mga iyon. Hindi ba’t ang pagpapamalas na ito ay mas malala kaysa sa mga bagay na sinabi ninyo? (Oo.) Umaabot ito sa ugat. At ang pangatlong paraan ay ang pagbabawal sa iba na makialam, magtanong, o mangasiwa sa kanila sa anumang gawaing inako nila. Diwa ba iyon? (Oo.) Maraming pag-uugali at paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay ang kasama sa bawat isa sa mga diwang ito. Muli, ang diwang ito ay tumutugma sa ikawalong aytem, tama ba? Ang pang-apat na paraan ay ang pagpapanggap nila bilang ang pagsasakatawan ng katotohanan kapag nagtamo na sila ng kaunting karanasan at kaalaman, at natuto ng ilang aral, na nangangahulugang kung kaya nilang magbahaginan ng kaunting katotohanan, iniisip nila ang kanilang sarili bilang nagtataglay ng katotohanang realidad, at gustong ipakita sa iba na sila ay taong nagtataglay ng katotohanan—taong nagsasagawa sa katotohanan, nagmamahal sa katotohanan, at mayroon ng katotohanang realidad. Nagpapanggap sila bilang ang pagsasakatawan ng katotohanan—hindi ba’t isa itong usaping may seryosong kalikasan? (Oo.) Tumutugma ba ang pagpapamalas na ito sa ikawalong aytem? (Oo.) Oo. Ang ikawalong aytem ay pangunahing naipapamalas sa apat na paraang ito. Bigkasin mo ang mga ito, simula sa una. (Ang unang paraan ay na ang gayong mga tao ay walang kakayahang makipagtulungan nang may pagkakasundo sa kahit na kanino.) Tumutukoy ang “nang may pagkakasundo” sa pagkakaroon ng kakayahang makipagtulungan; ang gayong mga tao ay sadyang walang kakayahang makipagtulungan sa kahit na kanino. Ginagawa nila ang mga bagay sa sarili nila, solo sa kanilang mga ginagawa; “solo” ang pantukoy na katangian ng unang pagpapamalas. Ngayon, ang pangalawa. (Mayroon silang ambisyon at pagnanais na kontrolin at lupigin ang mga tao.) Ito ba ay isang seryosong pagpapamalas? (Oo.) Buweno, ano ang pantukoy na katangian ng ikalawang pagpapamalas? Ilarawan mo ito sa isang salita. (Buktot.) Ang “buktot” ay isang pang-uri; inilalarawan nito ang kanilang disposisyon. Ang dapat na salita ay “kontrolin.” Ang “kontrolin” ay isang pagkilos, isang uri na nagmumula sa gayong disposisyon. At ang ikatlong pagpapamalas. (Pinagbabawalan nila ang iba na makialam, magtanong, o mangasiwa sa kanila sa anumang gawaing inaako nila.) Hindi ba’t iyan ay isang disposisyon na karaniwan sa mga anticristo? (Oo.) Isa itong katangiang disposisyon na natatangi sa mga anticristo. Mayroon bang angkop na salita para ibuod ang pagpapamalas na ito? Oo—“labanan.” Sinuman ang dumarating, nilalabanan nila ito; at huwag mo nang isipin na tatanggapin nila ang pangangasiwa at pagtatanong ng mga kapatid at ng mga

ordinaryong tao—hindi man lang nga nila tinatanggap ang pagsisiyasat ng Diyos. Hindi ba't paglaban iyon? (Paglaban iyon.) At ang ikaapat na pagpapamalas. (Nagpapanggap sila bilang ang pagsasakatawan ng katotohanan kapag nagtamo na sila ng kaunting karanasan at kaalaman, at natuto ng ilang aral.) Ibubuod natin ang isang ito sa isang angkop na salita: “pagpapanggap.” Mas seryoso ang pagpapanggap kaysa pagiging huwad. Ang pundamental at mga katangiang pag-uugali, mga paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay, at mga disposisyon na nauugnay sa ikawalong aytem ay matatagpuang lahat sa apat na pagpapamalas na ito. Ang tampok na katangian ng unang pagpapamalas ay “solo.” Hindi sila nakikipagtulungan sa sinuman, kundi gusto nilang kumilos sa sarili nila. Hindi nila pinakikinggan ang sinuman maliban sa sarili nila at sila lang ang gusto nilang pinakikinggan ng iba, walang iba. Walang ibang masusunod kundi sila. Ang tampok na katangian ng pangalawang pagpapamalas ay “kontrol.” Gusto nilang kontrolin ang mga tao, at gagamit sila ng iba't ibang paraan para kontrolin ka, ang iyong mga kaisipan, ang iyong mga paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay, ang iyong puso, at ang iyong mga pananaw. Hindi sila nakikipagbahaginan tungkol sa katotohanan sa iyo. Hindi nila ipinapaunawa sa iyo ang mga katotohanang prinsipyo, at hindi nila ipinapaunawa sa iyo ang mga layunin ng Diyos. Gusto ka nilang kontrolin para sa sarili nilang paggamit, para magsasalita ka para sa kanila, at gagawa ng mga bagay para sa kanila, at magtatrabaho para sa kanila, para itataas mo sila at magpapatotoo ka para sa kanila. Gusto ka nilang kontrolin bilang kanilang alipin, kanilang papet. Ang pantukoy na katangian ng ikatlong pagpapamalas ay “labanan,” na nangangahulugang labanan ang lahat—lahat ng maaaring bumuo sa pagkilatis o pangangasiwa ng, o isang banta sa, kanilang gawain at pananalita, nilalabanan at sinasalungat nila nang malawakan. Ang pantukoy na katangian ng ikaapat na pagpapamalas ay “pagpapanggap”—ano ang ipinagpapanggap nila? Nagpapanggap sila bilang ang pagsasakatawan ng katotohanan, ibig sabihin na ipinag-uutos pa nga nila sa mga tao na alalahanin kung ano ang sinasabi nila at kung ano ang ginagawa nila, at na itala pa ng iba ang mga ito sa kanilang mga kuwaderno. Sinasabi nila na, “Paano magiging sapat na magtala lang sa isip? Kailangan mo itong itala sa iyong kuwaderno. Wala sa inyo ang nakakaunawa sa sinasabi ko—napakalalim na bagay nito!” Ano ang turing nila sa kanilang mga salita? Ang katotohanan. Ngayon, mula rito, magbabahagi tayo tungkol sa mga ito nang isa-isa.

I. Isang Paghihimay sa Kawalan ng Kakayahan ng mga Anticristo na Makipagtulungan sa Kahit na Kanino

Ang unang aytem ay na ang mga anticristo ay walang kakayahang makipagtulungan sa kahit na kanino. Ito ang unang pagpapamalas ng mga anticristo na nanghihimok sa iba na sa kanila lang magpasakop, hindi sa katotohanan o sa Diyos. Wala silang kakayahang makipagtulungan sa kahit na kanino—iyong “kahit na kanino” ay sumasaklaw sa lahat. Ang kanila mang mga personalidad ay kaayon ng iba o hindi, at anuman ang mga pangyayari, sadyang hindi nila kayang makipagtulungan. Hindi ito kuwestiyon ng isang

ordinaryong pagbubunyag ng katiwalian—isa itong problema sa kanilang kalikasan. Sinasabi ng ilan na, “May mga partikular na tao na ang mga personalidad ay hindi kaayon sa akin, at hindi ko kayang makipagtulungan sa kanila dahil doon.” Hindi iyon isang simpleng isyu ng mga personalidad, kundi ng isang tiwaling disposisyon. Ang magkaroon ng isang tiwaling disposisyon ay magkaroon ng disposisyon ng isang anticristo, pero hindi ibig sabihin niyon na ang isang tao ay may diwa ng isang anticristo. Kung kaya ng isang taong maghanap sa katotohanan, at kayang sumunod sa sinasabi ng iba, sinuman sila, hangga’t naaayon ito sa katotohanan, hindi ba’t magiging madali para sa taong iyon na makamit ang pakikipagtulungan nang may pagkakasundo sa iba? (Oo.) Madali para sa mga taong kayang magpasakop sa katotohanan na makipagtulungan sa iba; ang mga taong hindi kayang magpasakop sa katotohanan ay walang kakayahang makipagtulungan sa kahit na kanino. Ang ilang tao, halimbawa, ay medyo mayabang at mapagmagaling. Hindi nila tinatanggap ang katotohanan kahit kaunti, at hindi nila kayang makipagtulungan nang may pagkakasundo sa sinuman. Ngayon, ito ay isang seryosong problema—may kalikasan sila ng isang anticristo, at hindi nila kayang magpasakop sa katotohanan o sa Diyos. May tiwaling disposisyon ang mga tao: Kung kaya nilang tanggapin ang katotohanan, magiging madali para sa kanila na maligtas; pero kung sila ay may kalikasan ng isang anticristo at hindi nila kayang tumanggap sa katotohanan, nasa alanganin sila—hindi magiging madali para sa kanila ang maligtas. Maraming anticristo ang nabunyag pangunahing dahil sa kanilang kawalan ng kakayahang makipagtulungan sa sinuman, palaging kumikilos nang diktatoryal. Iyon ba ay isang pagbubunyag ng isang tiwaling disposisyon, o ito ba ay ang kalikasang diwa ng isang anticristo? Ang hindi magawang makipagtulungan sa sinuman—anong problema iyon? Anong kinalaman nito sa paghimok sa iba na sa kanila lang magpasakop, hindi sa katotohanan o sa Diyos? Kung pagbabahaginan natin ang aytem na ito nang malinaw, magagawa mong makita na ang mga may kalikasang diwa ng isang anticristo ay hindi nagagawang makipagtulungan sa sinuman, na sila ay makikipaghiwalay sa kung kaninuman sila nakikipagtulungan, at na magiging mapait na magkaaway pa nga sila. Sa panlabas, maaaring parang may mga katulong at katuwang ang ilang anticristo, pero ang katunayan ay kapag may nangyayari, gaano man katama ang iba, hindi kailanman nakikinig ang mga anticristo sa sasabihin ng mga ito. Ni hindi nila ito isinasaalang-alang, lalong hindi nila tinatalakay o pinagbabahaginan ang tungkol dito. Hindi nila ito pinag-uukulan ng anumang atensiyon, na para bang wala roon ang iba. Kapag nakikinig ang mga anticristo sa sasabihin ng iba, wala sa loob lamang nila iyong ginagawa o nagpapakitang-tao lang sila para masaksihan ng iba. Pero kapag sa wakas ay dumating na ang oras para sa pangwakas na desisyon, ang mga anticristo pa rin ang nasusunod; balewala lang ang mga salita ng iba, talagang walang bisa ang mga iyon. Halimbawa, kapag may dalawang taong nananagot sa isang bagay, at ang isa sa kanila ay may diwa ng isang anticristo, ano ang naipapakita ng taong ito? Anuman ito, siya at siya lamang ang nagpapakita ng mga bagay-bagay, ang nagtatanong, ang nag-aayos ng mga

bagay-bagay, at ang nakakaisip ng solusyon. At kadalasan, lubusan niyang inililingid ang mga bagay-bagay sa kanyang kasama. Ano ang turing niya sa kanyang katuwang? Hindi bilang kanyang pangalawang pinuno, kundi palamuti lamang. Sa paningin ng anticristo, hindi lang talaga umiiral ang kapareha niya. Sa tuwing may problema, pinag-iisipan itong mabuti ng anticristo, at sa sandaling napagdesisyunan na niya kung ano ang gagawin, ipinapaalam niya sa lahat na ganito ito dapat gawin, at walang sinumang pinapayagang kuwestiyunin ito. Ano ang diwa ng kanyang pakikipagtulungan sa iba? Ang pinakabatayan ay para mapasakanya ang huling salita, hindi kailanman tinatalakay ang mga problema sa sinumang iba pa, inaako ang lahat ng responsabilidad para sa gawain, at ginagawang palamuti lamang ang kanyang mga katuwang. Lagi siyang kumikilos nang mag-isa at hindi nakikipagtulungan kahit kanino. Hinding-hindi niya tinatalakay o ikinokomunika ang kanyang gawain sa sinumang iba pa, madalas siyang magdesisyon nang mag-isa at pinangangasiwaan ang mga isyu nang mag-isa, at sa maraming bagay, nalalaman lang ng ibang mga tao kung paano natapos o naasikaso ang mga bagay-bagay kapag tapos na gawin ang mga iyon. Sinasabi ng ibang mga tao sa kanya na, “Kailangang talakayin ang lahat ng problema nang kasama kami. Kailan mo pinangasiwaan ang taong iyon? Paano mo siya pinangasiwaan? Paanong hindi namin nalaman ang tungkol dito?” Hindi siya nagbibigay ng paliwanag ni nagbibigay ng anumang pansin; para sa kanya, wala talagang silbi ang kanyang mga katuwang, at mga palamuti lamang o pampaganda. Kapag may nangyayari, pinag-iisipan niya ito, nagpapasya siya, at kumikilos kung paano niya gusto. Kahit gaano pa karaming tao ang nasa paligid niya, para bang wala roon ang mga taong iyon. Para sa anticristo, wala silang ipinagkaiba sa hangin. Sa ganitong kaso, mayroon bang anumang tunay na aspekto sa kanyang pakikipagtulungan sa iba? Wala talaga, nagpapabasta-basta lang siya sa gawain at nagkukunwari. Sinasabi sa kanya ng iba na, “Bakit hindi ka nakikipagbahaginan sa iba kapag may nakakaharap kang problema?” Sumasagot siya ng, “Ano ba ang alam nila? Ako ang lider ng pangkat, ako ang siyang magdedesisyon.” Sinasabi naman ng iba na, “At bakit hindi ka nakikipagbahaginan sa iyong katuwang?” Tugon niya, “Sinabi ko sa kanya pero wala siyang opinyon.” Ginagamit niyang mga dahilan ang kawalan ng opinyon ng ibang tao o ang kawalan ng mga ito ng abilidad na mag-isip para sa kanilang sarili upang pagtakpan ang katunayan na umaasta siya na siya mismo ang batas. At hindi ito nasusundan ng kahit bahagya mang pagsisiyasat sa sarili. Magiging imposible para sa ganitong uri ng tao na matanggap ang katotohanan. Isa itong problema sa kalikasan ng anticristo.

Paano ipapaliwanag at isasagawa ang terminong “pakikipagtulungan”? (Pagtalakay sa mga bagay-bagay kapag lumilitaw ang mga ito.) Oo, iyan ay isang paraan ng pagsasagawa nito. Ano pa? (Pagbalanse sa mga kahinaan ng isang tao sa pamamagitan ng mga kalakasan ng ibang tao, pangangasiwa sa isa’t isa.) Ganap na akma iyon; ang pagsasagawa nang ganoon ay pakikipagtulungan nang may pagkakasundo. Mayroon pa ba? Ang paghingi ng opinyon ng iba kapag nangyayari ang mga bagay-bagay—hindi

ba't iyon ay pakikipagtulungan? (Oo.) Kung ibinabahagi ng isang tao ang kanyang opinyon, at ibinabahagi ng iba ang kanya, at sa huli, sumasang-ayon lang siya sa pagbabahagi ng unang tao, bakit nagpapabasta-basta? Hindi iyon pakikipagtulungan—hindi ito naaayon sa mga prinsipyo, at hindi ito nagbubunga ng mga resulta ng pakikipagtulungan. Kung salita ka nang salita, tulad ng isang machine gun, at hindi mo binibigyan ang ibang gustong magsalita ng pagkakataon, at hindi ka nakikinig sa iba kahit na pagkatapos mo nang sabihin ang lahat ng iyong mga ideya, talakayan ba iyon? Pagbabahaginan ba ito? Paggawa lang iyon ng mga bagay nang pabasta-basta—hindi ito pakikipagtulungan. Ano ang pakikipagtulungan, kung gayon? Ito ay kapag, matapos mong sabihin ang iyong mga ideya at desisyon, ay kaya mong hingin ang mga opinyon at pananaw ng iba, pagkatapos ay pagkukumparahin ang iyo at kanilang mga pahayag at pananaw, nang may ilang taong nagsasagawa ng pagkilatis sa mga ito nang sama-sama, at naghahanap sa mga prinsipyo, sa gayon ay nauuwi sa isang karaniwang pagkaunawa at pagtukoy sa tamang landas ng pagsasagawa. Iyon ang ibig sabihin ng pagtalakay at pakikipagbahaginan—iyon ang ibig sabihin ng “pakikipagtulungan.” May ilang tao, bilang mga lider, ang hindi nakakikilatis sa kung anong usapin, pero hindi ito tinatalakay kasama ang iba hanggang sa maubusan na sila ng mga pagpipilian. Pagkatapos ay sinasabi nila sa grupo na, “Hindi ko kayang pangasiwaan ang bagay na ito nang awtokratiko; kailangan kong makipagtulungan nang may pagkakasundo sa lahat. Hahayaan ko kayong lahat na ipahayag ang inyong mga opinyon tungkol dito at talakayin ito, para matukoy ang tamang bagay na dapat nating gawin.” Pagkatapos makapagsalita at makapagbigay ng opinyon ang lahat, tinanong nila ang lider kung ano ang palagay niya tungkol dito. Sinabi niya na, “Kung ano ang gusto ng lahat ay katulad sa gusto ko—iniisip ko rin ito. Ito ang pinlano kong gawin sa simula pa lang, at sa talakayang ito, garantisado ang pagsang-ayon ng lahat.” Matapat na pahayag ba ito? May bahid ito. Hindi niya talaga nakikilatis ang bagay na ito, at may layuning ilihis at linlangin ang mga tao sa kanyang sinasabi—layon nitong pahalagahan siya ng mga tao. Ang paghingi niya ng mga opinyon ng lahat ay pakitang-tao lang, nilalayong mapasabi ang lahat na hindi siya diktatoryal o awtokratiko. Para maiwasan ang tatak na iyon, ginagamit niya ang pamamaraang ito para pagtakpan ang mga bagay-bagay. Ang katunayan ay na habang nag-uusap ang lahat, hindi talaga siya nakikinig, at hindi niya talaga isinasapuso ang kanilang sinasabi. At hindi rin siya nagiging sinsero sa pagpapahintulot sa lahat na magsalita. Sa panlabas, hinahayaan niya ang lahat na magbahaginan at magkaroon ng talakayan, pero sa realidad, hinahayaan niya lang magsalita ang lahat para makahanap ng paraan na naaayon sa kanyang mga sariling layunin. At kapag natukoy na niya ang angkop na paraan para gawin ang bagay na iyon, pipilitin niya ang mga taong tanggapin kung ano ang balak niyang gawin, tama man ito o hindi, at ipapaisip sa lahat na tama ang kanyang paraan, na ito ang nilalayon ng lahat. Sa huli, ipatutupad niya ito sa pamamagitan ng puwersa. Iyan ba ang tinatawag mong pakikipagtulungan? Hindi—ano ang itatawag mo rito? Nagiging diktatoryal siya. Tama

man siya o mali, gusto niyang sa kanya ang nag-iisa at huling salita. Bukod dito, kapag may nangyari at hindi niya ito makilatis, pinapagsalita niya muna ang iba. Kapag natapos na sila, binubuod niya ang kanilang mga pananaw at tumitingin sa mga ito para sa isang pamamaraang gusto niya at sa tingin niya ay angkop, at pinatatanggap ito sa lahat. Nagpapanggap siyang nakikipagtulungan, na ang resulta ay ginagawa pa rin niya ang gusto niya—pero, siya pa rin ang may nag-iisa at huling salita. Naghahanap siya ng mga pagkakamali at naghahanap ng butas sa sinasabi ng lahat, nagbibigay ng komentaryo at nagtatakda ng tono, pagkatapos ay binubuod ang lahat ng ito sa isang kompleto at tumpak na pahayag, na ginagamit niya sa paggawa niya ng desisyon, ipinapakita sa lahat na mas mataas siya kaysa sa iba. Mula sa labas, tila narinig niya ang mga mensahe ng lahat, at hinahayaan niyang magsalita ang lahat. Gayumpaman, ang katunayan ay siya lang ang gumagawa ng desisyon sa huli. Ang desisyon sa katunayan ay ang mga kabatiran at pananaw ng lahat, na ibinubuod lang niya, ipinapahayag sa isang bahagyang mas kompleto at tumpak na paraan. Hindi ito nakikilatis ng ilang tao, kung kaya’t iniisip nilang siya itong nakatataas. Ano ang karakter ng gayong pagkilos sa kanyang bahagi? Hindi ba’t labis itong katusuhan? Binubuod niya ang mga mensahe ng bawat isa at sinasabi ang mga ito bilang kanya, para sambahin at sundin siya ng mga tao; at sa huli, ang lahat ay kumikilos ayon sa kanyang kalooban. Pakikipagtulungan nang may pagkakasundo ba iyon? Ito ay kayabangan at pag-aakalang mas matuwid kaysa sa iba, diktadura—inaangkin niya ang lahat ng kapurihan. Ang gayong mga tao ay lubhang hindi matapat, mayabang at mapagmagaling, sa pakikipagtulungan sa iba, at makikita iyon ng mga tao, kung bibigyan ng sapat na panahon. Sasabihin ng ilan: “Sinasabi mong wala akong kakayahang makipagtulungan sa kahit na kanino—aba, mayroon akong katuwang! Mahusay siyang nakikipagtulungan sa akin: pumupunta siya kung saan ako pumupunta, ginagawa ang ginagawa ko; pumupunta siya kahit saan ko siya pinapapunta, ginagawa kung ano ang ipinagagawa ko sa kanya, paano ko man ito ipinagagawa sa kanya.” Iyan ba ang ibig sabihin ng pakikipagtulungan? Hindi. Tinatawag iyang pagiging isang sunod-sunuran. Ginagawa ng isang alalay ang ipinag-uutos mo—pakikipagtulungan ba iyon? Malinaw, siya ay alipores, walang mga ideya o pananaw, lalong walang sarili niyang mga opinyon. At higit pa ryan, ang pag-iisip niya ay sa isang mapagpalugod ng mga tao. Hindi siya metikulo sa anumang ginagawa niya, kundi pabasta-bastang gumagawa ng mga bagay-bagay, at hindi niya itinataguyod ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Anong layunin ang maidudulot ng pakikipagtulungang tulad nito? Kung kanino man siya nakikipagtulungan, ginagawa lang niya ang ipinag-uutos nito, alipores kailanman. Pinapakinggan niya anuman ang sinasabi ng iba at ginagawa ang anumang ipinagagawa sa kanya ng iba. Hindi iyon pakikipagtulungan. Ano ang pakikipagtulungan? Kailangang magawa ninyong makipagtalakayan ng mga bagay-bagay sa isa’t isa, at maipahayag ang inyong mga pananaw at opinyon; dapat punan at pangasiwaan ninyo ang isa’t isa, at maghanap kayo mula sa isa’t isa, magtanong sa isa’t isa, at paalalahanan ninyo ang isa’t isa. Iyon ang pakikipagtulungan nang may

pagkakasundo. Sabihin, halimbawa, na pinangangasiwaan mo ang isang bagay ayon sa sarili mong kalooban, at may nagsabi na, “Mali ang ginawa mo, ganap na labag sa mga prinsipyo. Bakit mo ito pinangasiwaan kung paano mo gusto, nang hindi hinahanap ang katotohanan?” Dito, sasabihin mo na, “Tama iyan—natutuwa akong inalerto mo ako! Kung hindi, puwedeng magdulot ito ng kapahamakan!” Iyan ang pag-uudyok sa isa’t isa. Ano, kung gayon, ang pangangasiwa sa isa’t isa? Ang bawat isa ay may tiwaling disposisyon, at puwedeng maging pabasta-basta sa paggawa ng kanyang tungkulin, pinangangalagaan lamang ang sarili niyang katayuan at karangalan, hindi ang mga kapakanan ng sambahayan ng Diyos. Ang gayong mga kalagayan ay naroroon sa bawat tao. Kung nalaman mong may problema ang isang tao, dapat magkaroon ka ng pagkukusang makipagbahaginan sa kanya, paalalahanan mo siya na gawin ang kanyang tungkulin ayon sa mga prinsipyo, habang hinahayaan itong tumayo bilang isang babala sa iyong sarili. Iyon ay pangangasiwa sa isa’t isa. Ano ang tungkulin ng pangangasiwa sa isa’t isa? Nilalayon nitong pangalagaan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, at iiwas din ang mga tao sa maling landas. Ang pakikipagtulungan ay may ibang gampanin, bukod sa pag-uudyok sa isa’t isa at pangangasiwa sa isa’t isa: pagtatanong sa isa’t isa. Kapag gusto mong pangasiwaan ang isang tao, halimbawa, dapat kang makipagbahaginan at magtanong sa iyong katuwang: “Hindi ko pa nakakatagpo ang ganitong uri ng bagay noon. Hindi ko alam kung paano ito pangangasiwaan. Ano ang magandang paraan para pangasiwaan ito? Hindi ko alam kung paano ito aayusin!” Sinasabi nila na, “Pinangasiwaan ko na ang ganitong mga problema dati. Ang konteksto nang panahong iyon ay medyo naiiba kaysa sa kaso ng taong ito; magiging medyo tulad ito sa pagsunod sa panuntunan, kung pangangasiwaan natin ito sa parehong paraan. Hindi ko rin alam ang magandang paraan para asikasuhin ito ngayon.” Sinasabi mo na, “Mayroon akong ideya na gusto kong marinig mo. Ang taong ito ay tila masama, kung titingnan ang kanyang karakter, pero hindi tayo makatitiyak sa sandaling ito. Pero kaya naman niyang magtrabaho, kaya hayaan siyang gawin ito sa ngayon. Kung hindi siya makapagtatrabaho, at patuloy niyang ginagambala at ginugulo ang mga bagay-bagay, pangangasiwaan natin siya kung gayon.” Narinig nila ito at sinabi na, “Magandang paraan iyon. Nasa masinop na panig ito at ganap na naaayon sa mga prinsipyo, at hindi ito mapanupil o isang pagpapalabas ng pribadong galit. Ganito natin ito pangangasiwaan, kung gayon.” Nagkasundo kayong dalawa sa pamamagitan ng talakayan. Ang gawaing ginawa sa ganoong paraan ay tumatakbo nang maayos. Ipagpalagay na kayong dalawa ay hindi nagtutulungan at hindi nag-uusap tungkol sa mga bagay-bagay, at kapag hindi alam ng iyong katuwang kung paano pangangasiwaan ang isang bagay, ipapasa niya ito sa iyo, iniisip na, “Pangasiwaan mo ito kung paano mo man gustuhin. Kung may mangyayaring mali, responsabilidad mo na iyan—wala na akong kinalaman diyan.” Makikita mong kumikilos ang iyong katuwang mula sa hindi kagustuhang umako ng responsabilidad, pero hindi mo iyon sinasabi sa kanya, kundi kumikilos ka nang padalos-dalos ayon sa iyong sariling kalooban, iniisip na, “Ayaw mong akuin ang responsabilidad?

Gusto mong hayaang pangasiwaan ko ito? Sige, pangangasiwaan ko ito, kung gayon—patataksikin ko sila.” Hindi pareho ang iniisip ninyong dalawa; bawat isa ay may kanya-kanyang anggulo—at bilang resulta, ang usapin ay naaasikaso nang pabasta-basta, na paglabag sa mga prinsipyo, at ang isang taong may kapabilidad na magtrabaho ay arbitraryong pinapaalis. Iyon ba ay pakikipagtulungan nang may pagkakasundo? Ang pakikipagtulungan nang may pagkakasundo ang tanging paraan para magkamit ng mga positibong resulta. Kung ang isang tao ay hindi aako ng responsabilidad at ang isa ay kikilos nang arbitraryo, iyon ay katulad ng sa hindi nila pagtutulungan. Pareho silang kumikilos ayon sa sarili nilang kalooban. Paano magiging pasok sa pamantayan ang gayong paggampan ng tungkulin ng isang tao?

Kapag may nangyayari sa gitna ng pagtutulungan, kailangan ninyong magtanong sa isa’t isa at pag-usapan ang mga bagay-bagay. Puwede bang magsagawa ang mga anticristo nang ganito? Walang kakayahang makipagtulungan ang mga anticristo sa kahit na kanino; palagi nilang gustong magtakda ng nag-iisang pamumuno. Ang katangian ng pagpapamalas na ito ay “solo.” Bakit ginagamit ang salitang “solo” para ilarawan ito? Dahil bago sila kumilos, hindi sila lumalapit sa Diyos sa panalangin, at hindi rin nila hinahanap ang mga katotohanang prinsipyo, lalong hindi sila naghahanap ng isang taong makikipagbahaginan at magsasabi sa kanila, “Ito ba ay angkop na hakbang? Ano ang itinatakda ng mga pagsasaayos ng gawain? Paano pangangasiwaan ang ganitong uri ng bagay?” Hindi nila kailanman pinag-uusapan ang mga bagay-bagay o hinahanap na magkaroon ng isang kasunduan sa kanilang mga katrabaho at katuwang—nag-iisip lang sila ng mga bagay-bagay at nagpapakana sa sarili nila, gumagawa ng mga sarili nilang plano at pagsasaayos. Sa pamamagitan lang ng isang mabilisang pagbasa sa mga pagsasaayos ng gawain sa sambahayan ng Diyos, iniisip nilang naunawaan na nila ang mga ito, at pagkatapos ay bulag nilang isinasaayos ang gawain—at sa oras na malaman ito ng iba, naisaayos na ang gawain. Imposible para sa sinuman ang marinig ang kanilang mga pananaw o opinyon mula sa sarili nilang bibig nang maaga, dahil hindi nila kailanman ibinabahagi ang mga kinikimkim nilang kaisipan at pananaw kaninuman. Puwedeng may magtanong na, “Hindi ba’t lahat ng mga lider at manggagawa ay may mga katuwang?” Puwedeng may katuwang sila sa pangalan lang, pero pagdating ng oras para magtrabaho, hindi na sila magkatuwang—solo silang nagtatrabaho. Bagama’t may mga katuwang ang mga lider at manggagawa, at may mga katuwang ang lahat ng gumagawa ng anumang tungkulin, naniniwala ang mga anticristo na mahusay ang kanilang kakayahan at mas magaling sila kaysa sa mga ordinaryong tao, kaya hindi karapat-dapat ang mga ordinaryong tao na maging mga katuwang nila, at mas mabababa lahat ang mga ito kumpara sa kanila. Ito ang dahilan kung bakit gusto ng mga anticristo na sila ang nasusunod at ayaw nilang tinatalakay ang mga bagay-bagay sa iba. Iniisip nilang magmumukha silang walang-kahusayang inutil. Anong uri ng pananaw ito? Anong uri ng disposisyon ito? Isa ba itong mapagmataas na disposisyon? Iniisip nila na ang makipagtulungan at talakayin sa iba ang mga bagay-bagay, ang

magtanong sa mga ito at kumonsulta sa mga ito, ay nakakawala ng dignidad at nakakababa ng pagkatao, na ikasisira ng kanilang respeto sa sarili. Kaya, upang maprotektahan ang kanilang respeto sa sarili, hindi nila pinapayagang makita ng iba ang anumang bagay na ginagawa nila, ni hindi nila sinasabi sa iba ang tungkol dito, at lalong hindi nila ito tinatalakay sa mga ito. Iniisip nila na ang makipagtalakayan sa iba ay nagpapakita na wala silang kahusayan; na ang laging paghingi ng mga opinyon ng ibang tao ay nangangahulugang sila ay mangmang at walang kapabilidad na mag-isip para sa kanilang sarili; na ang makipagtulungan sa iba sa pagtapos ng gampanin o pag-aayos ng ilang problema ay pagmumukhain silang walang kuwenta. Hindi ba't ito ang mayabang at kakatwa nilang pag-iisip? Hindi ba't ito ang kanilang tiwaling disposisyon? Masyadong halata ang taglay nilang kayabangan at pagmamatuwid sa sarili; ganap na nawalan na sila ng normal na katwiran ng tao, at medyo hindi na matino ang kanilang pag-iisip. Lagi nilang iniisip na may mga abilidad sila, na kaya nilang tapusin ang mga bagay-bagay nang sila lang, at hindi nila kailangang makipagtulungan sa iba. Dahil may gayong mga tiwaling disposisyon sila, hindi nila makamit ang pakikipagtulungan nang may pagkakasundo. Naniniwala sila na ang makipagtulungan sa iba ay magpapahina at maghahati-hati ng kanilang kapangyarihan, na kapag may kahati silang iba sa gawain, nababawasan ang sarili nilang kapangyarihan at hindi nila napagpapasyahan ang lahat ng bagay nang sila lang, ibig sabihin ay wala silang totoong kapangyarihan, na para sa kanila ay isang matinding kawalan. Kaya, kahit ano pang mangyari sa kanila, kung naniniwala silang nauunawaan nila at na alam nila ang nararapat na paraan ng pangangasiwa nito, hindi na nila ito tatalakayin pa sa iba, at sila ang magdedesisyon. Mas gugustuhin nilang makagawa ng mga pagkakamali kaysa ipaalam sa ibang tao, mas gugustuhin nilang maging mali kaysa ibahagi ang kapangyarihan sa sinuman, at mas gugustuhin nilang matanggal sa puwesto kaysa hayaan ang ibang tao na makialam sa kanilang gawain. Ganito ang isang anticristo. Mas pipiliin pa nilang pinsalain ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, mas pipiliin pang isugal ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, kaysa ibahagi ang kanilang kapangyarihan sa sinuman. Iniisip nila na kapag may ginagawa silang isang bahagi ng gawain o may inaasikasong ilang bagay, hindi ito ang paggampan ng isang tungkulin, bagkus ay isang pagkakataon na makapagpakitang-gilas at mamukod-tangi sa iba, at isang pagkakataon na makagamit ng kapangyarihan. Kaya naman, bagama't sinasabi nilang makikipagtulungan sila nang may pagkakasundo sa iba at na tatalakayin nila ang mga lumilitaw na isyu nang kasama ang iba, ang totoo, sa kaibuturan ng kanilang puso, hindi sila handang bitiwang ang kanilang kapangyarihan o katayuan. Iniisip nila na hangga't nauunawaan nila ang ilang doktrina at may kapabilidad na gawin ito nang mag-isa, hindi nila kailangang makipagtulungan sa sinuman; iniisip nilang dapat itong isagawa at makompleto nang mag-isa, at na ito lamang ang magpapakita na may abilidad sila. Tama ba ang ganitong pananaw? Hindi nila alam na kapag lumalabag sila sa mga prinsipyo, hindi nila ginagawa ang kanilang mga tungkulin, hindi nila naisasakatuparan ang atas ng Diyos, at na sila

ay nagtatrabaho lang. Sa halip na hanapin ang mga katotohanang prinsipyo kapag ginagawa ang kanilang tungkulin, gumagamit sila ng kapangyarihan ayon sa kanilang mga saloobin at layunin, nagpapakitang-gilas, at ipinaparada ang kanilang sarili. Kahit sino pa ang kanilang katuwang o kahit ano pa ang kanilang ginagawa, hindi nila kailanman gustong talakayin ang mga bagay-bagay, gusto nilang palaging kumilos nang mag-isa, at gusto nilang sila lagi ang nasusunod. Malinaw na pinaglalaruan nila ang kapangyarihan at ginagamit ang kapangyarihan para gawin ang mga bagay-bagay. Lahat ng anticristo ay gustong-gusto ng kapangyarihan, at kapag may katayuan sila, gusto nila ng higit pang kapangyarihan. Kapag may taglay silang kapangyarihan, malamang na gamitin ng mga anticristo ang kanilang katayuan upang makapagpakitang-gilas, at ibida ang kanilang sarili, para tingalain sila ng iba at makamit nila ang kanilang mithiing mamukod-tangi mula sa karamihan. Kaya, nahuhumaling ang mga anticristo sa kapangyarihan at katayuan, at hindi nila bibitiwan ang kanilang kapangyarihan kailanman. Anumang tungkulin ang ginagawa nila, anumang mundo ng propesyonal na kaalaman ang saklaw nito, magkukunwari silang alam nila ang tungkol dito, kahit malinaw na hindi nila alam. At kung may isang taong mag-aakusa sa kanila na hindi sila nakakaunawa, at nagpapanggap lang, sasabihin nila na, “Kahit ngayon ko ito simulang pag-aralan, mas mauunawaan ko ito kaysa sa iyo. Pagtingin lang naman ito sa mga online na mapagkukunan, hindi ba?” Ganito kayabang at kamapagmagaling ang mga anticristo. Tinitingnan nila ang lahat bilang isang simpleng bagay, at mangangahas silang kunin ito nang maramihan at nag-iisa. At bilang resulta, kapag sinusuri ng ang Itaas ang gawain at tinatanong kung kumusta na ito, sinasabi nilang medyo naaasikaso na ito. Ang katunayan ay nagtatrabaho sila nang solo, hindi tinatalakay ang mga bagay-bagay sa sinuman—sila mismo ang nagdedesisyon sa lahat. Kung tatanungin mo sila, “May mga prinsipyo ba sa paraan ng iyong pagkilos?” Maglalabas sila ng isang buong hanay ng mga teorya para patunayang tama ang kanilang ginagawa at naaayon sa mga prinsipyo. Sa katunayan, baluktot at mali ang kanilang pag-iisip. Hindi pa talaga nila tinatalakay ang mga bagay-bagay sa iba, kundi palaging nasa kanila ang huling salita, sila mismo ang gumagawa ng mga desisyon. Madalas ang mga desisyong ginawa ng isang tao ay tiyak na maglalaman ng mga paglihis, kaya anong disposisyon ito, na iniisip ang kanilang sarili na tama at tumpak? Ito ay isang malinaw na disposisyon ng pagmamataas. Mayroon silang mapagmataas na disposisyon, at iyon ang dahilan kung bakit sila ay diktatoryal—kaya sila gumagawa ng masama nang walang pakundangan. Ito ay awtokrasya—isang monopolyo. Ito ang disposisyon ng mga anticristo. Hindi sila kailanman handang makipagtulungan sa sinuman, kundi tingin nila ay dagdag lang ito, hindi kailangan. Palagi nilang iniisip na mas mahusay sila kaysa sa iba, na walang sinuman ang maihahambing sa kanila. Iyan ang dahilan kung bakit sa puso nila, walang hangarin o kalooban ang mga anticristo na makipagtulungan sa iba. Gusto nilang masunod ang sinasabi nila; gusto nila ng monopolyo. Saka lamang sila nakadarama ng kagalakan—saka lamang nila naipapakita ang kanilang kataasan, pinapabilib at pinapasamba ang iba sa kanila.

May isa pang bahagi nito, na ang mga anticristo ay palaging nagnanais na magkaroon ng ganap na kapangyarihan, na magkaroon ng natatangi at huling salita. Ang aspektong ito ng kanilang disposisyon ang nagdudulot din sa kanila na mawalan ng kakayahang makipagtulungan sa iba. Kung tatanungin mo sila kung handa silang makipagtulungan, sasabihin nilang handa sila, pero pagdating ng oras para gawin ito, hindi nila kaya. Ito ang kanilang disposisyon. Bakit hindi nila ito kayang gawin? Kung ang isang anticristo ay, sabihin nating, magiging isang katulong na lider ng pangkat, at ibang tao ang lider ng pangkat, ang taong iyon na may kalikasang diwa ng isang anticristo ay magiging lider ng pangkat mula sa pagiging katulong na lider ng pangkat, at ang lider ng pangkat ay magiging kanyang katulong. Pagbabaligtarin niya ito. Paano niya ito makakamit? Marami siyang pamamaraan. Ang isang elemento ng kanyang pamamaraan ay ang paggamit niya ng mga panahon kapag kumikilos siya sa harap ng mga kapatid—ang mga panahong nakikita siya ng karamihan—para magsalita at kumilos nang marami at magpakitang-gilas, para gawing mataas ang tingin sa kanya ng mga tao at kilalanin siyang mas mahusay kaysa sa lider ng pangkat, at na nahigitan niya ang lider ng pangkat. At sa paglipas ng panahon, sasabihin ng mga kapatid na ang lider ng pangkat ay hindi kasinghusay ng katulong na lider ng pangkat. Nalulugod ang anticristo na marinig ito; iniisip niya na, “Sa wakas, inamin nilang mas magaling ako sa lider ng pangkat. Naisakatuparan ko ang aking layon.” Ano ang mga responsabilidad at obligasyon na dapat tuparin ng isang katulong na lider ng pangkat, sa mga normal na sitwasyon? Dapat siyang makipagtulungan sa lider ng pangkat sa pagsasagawa at pagpapatupad ng gawaing isinaayos ng iglesia, at ipaalam niya ang mga bagay-bagay sa lider ng pangkat, at paalalahanan ito, at pangasiwaan ito—at kumilos nang magkasama sa pakikipagtalakayan dito. Dapat gampanan ng lider ng pangkat ang tungkulin ng pangunahing papel ng pamumuno; dapat siyang suportahan ng katulong na lider ng pangkat, at makipagtulungan sa kanya sa pagtingin na ang bawat proyekto sa trabaho ay naaasikasong mabuti. Bukod sa hindi pagsasabotahe sa mga bagay-bagay, ang lahat ay dapat gawin sa pakikipagtulungan sa lider ng pangkat, para ang gawaing dapat gawin ay magawa nang maayos. Kung ang mga pagkilos ng lider ng pangkat ay lumalabag sa mga prinsipyo, dapat itong itaas ng katulong na lider ng pangkat sa kanya at tulungan siya, at itama ang pagkakamali. At sa lahat ng bagay na ginagawa ng lider ng pangkat nang tama at maayos, at na naaayon sa mga katotohanang prinsipyo, dapat itong suportahan ng katulong na lider ng pangkat at makilahok dito, at gumawa ito ng todong pagsisikap sa paglilingkod dito, at maging kaisa sa puso at isip ng lider ng pangkat para magawa nang maayos ang gawain. Kung may mangyaring problema, o kung may makitang problema, dapat pag-usapan nilang dalawa ang paglutas nito. Minsan, may dalawang bagay na dapat gawin nang sabay; kapag napag-usapan na nilang dalawa ang tungkol dito, kailangan nilang asikasuhin nang mabuti ang sarili nilang gawain, nang hiwalay. Iyan ang pagtutulungan—pagkikipagtulungan nang may pagkakasundo. Nakikipagtulungan ba nang ganito ang mga anticristo sa iba? Talagang hindi. Kung ito ay isang anticristo na nagsisilbing katulong

na lider ng pangkat, pag-iisipan niya kung ano ang dapat gawin para makipagpalitan ng posisyon sa lider ng pangkat, para gawing katulong ang lider ng pangkat at gawing lider ng pangkat ang katulong, at sa gayon ay makuha niya ang pamamahala. Inuutusan niya ang lider ng pangkat na gawin ito at iyon, ipinapakita sa lahat na mas mahusay siya kaysa sa lider ng pangkat, na karapat-dapat siyang maging lider ng pangkat. Sa ganitong paraan, tumataas ang kanyang katanyagan sa iba, at pagkatapos ay natural siyang mapipili bilang lider ng pangkat. Sinasadya niyang pagmukhaing hangal at ipahiya ang lider ng pangkat, sa gayon ay mamaliitin ito ng iba. Pagkatapos, sa kanilang mga salita, kinukutya at nililibak nila ang lider ng pangkat, at inilalantad at minamaliit nila ito. Unti-unti, ang pagkakaiba sa pagitan ng dalawa ay lumalaki nang lumalaki, at ang mga lugar na mayroon sila sa puso ng mga tao ay nag-iiba nang nag-iiba. Sa gayon ay ang anticristo ay nagiging lider ng pangkat, sa huli—nakuha niya ang mga tao sa kanyang panig. Sa disposisyong tulad ng sa kanya, magagawa ba niyang makipagtulungan nang may pagkakasundo sa iba? Hindi. Saanmang sitwasyon siya naroroon, gusto niyang maging pinakaimportante, magkaroon ng monopolyo, hawakan ang kapangyarihan sa sarili niyang mga kamay. Anuman ang iyong titulo, hepe o katulong, malaki o maliit, ang katayuan at kapangyarihan, ayon sa nakikita niya, ay dapat na sa malao't madali ay mapasakanya lang. Kung sinuman ang gumagawa ng isang tungkulin kasama niya, o gumagawa ng anumang proyekto sa trabaho kasama niya, o kahit nakikipagdebate ng isang isyu sa kanya, nananatili siyang mapag-isa na kumikilos nang mag-isa. Hindi siya nakikipagtulungan sa sinuman. Walang sinuman ang pinahihintulutang magkaroon ng katulad na katanyagan o titulo gaya ng sa kanya, o ng katulad na abilidad o reputasyon. Sa sandaling may humigit sa kanya at magbanta sa kanyang katayuan, susubukan niyang baligtarin ang sitwasyon, sa anumang paraang makakaya niya. Tinatalakay ng lahat ang isang usapin, halimbawa, at kapag ang talakayan ay malapit nang magbunga ng isang resulta, mauunawaan niya ito sa isang sulyap at malalaman kung ano ang gagawin. Sasabihin niya na, “Napakahirap ba talaga nitong asikasuhin? Kailangan pa ba nito ng gayong talakayan? Wala sa mga sinasabi ninyo ang uubra!” At mag-aalok siya ng isang kakaibang teorya o magarbong ideya na wala pang nakaisip, sa huli ay pabubulaanan ang mga pananaw ng lahat. Kapag nagawa na niya, magpapisip ito sa mga tao na, “Mas mataas nga ang antas niya; bakit hindi natin naisip iyon? Mga ignoranteng grupo ng mga walang-silbing tao lang tayo. Hindi maganda iyan—kailangan ka naming mamuno!” Iyan ang resultang gusto ng anticristo; palagi siyang nagpapahayag ng magagarbong ideya, para makilala siya bilang isang natatanging personalidad, at makuha niya ang pagpapahalaga ng iba. At ano ang impresyon sa kanya ng mga tao sa huli? Na ang kanyang mga ideya ay higit pa sa mga ordinaryong tao, mas mataas kaysa sa mga ordinaryong tao. Gaano kataas? Kung wala siya roon, ang grupo ay hindi makagagawa ng desisyon o makatatapos ng anuman, kaya dapat nilang hintaying dumating siya at may sabihin. Kapag nagawa na niya, hahangaan siya ng lahat, at kung nakalilinlang ang sinasabi niya, sinasabi pa rin ng lahat na siya ay nakatataas. Sa ganito,

hindi ba't inililigaw niya ang mga tao? Kaya, bakit hindi niya kayang makipagtulungan sa sinuman? Pakiramdam niya na, "Ang pakikipagtulungan sa mga tao ay paglalagay sa aking sarili sa antas nila. Puwede bang okupahin ng dalawang tigre ang iisang bundok? Puwede lamang magkaroon ng iisang hari ng bundok, at ang paghaharing iyon ay mapupunta sa sinumang makahahawak nito—at isang taong may kapabilidad tulad ko ang makagagawa niyon. Hindi kayo lahat gayon katalino; mahina ang inyong kakayahan, at mahina ang inyong loob. At dagdag pa ryan, wala kayong dinaya o nilokong mga tao sa mundo—naloko lang kayo ng iba. Ako lang ang kalipikadong maging lider dito!" Sa kanya, ang masasamang bagay ay nagiging mabubuting bagay. Pinangangalandakan niya ang masasamang bagay niyang ito—hindi ba't wala iyong kahihiyan? Bakit niya sinasabi ang mga bagay na ito? At ano ang layunin ng pagkilos niya nang ganito, kung gayon? Ito ay para maging lider, para magkaroon ng pangunahing posisyon, gaano man kalaki ang grupo ng mga tao na kinabibilangan niya. Hindi ba't iyon ang kanyang layunin? (Ito nga.) Kaya, iniisip niya ang bawat paraan para maliitin, hamakin, at kutyain ang lahat, at pagkatapos ay mag-alok ng sarili niyang magagarbong ideya, para kumbinsihin ang lahat at ipagawa sa lahat ang kanyang sinasabi. Pakikipagtulungan ba iyan? Hindi—ano ito? Umaayon ito sa ikawalong aytem, na pinag-uusapan natin: Hinihimok nila ang iba na sa kanila lang magpasakop, hindi sa katotohanan o sa Diyos. Sinasabi ito patungkol sa pakikipagtulungan. Kaya bang gawin ng mga anticristo—anuman ang kanilang ginagawa, sa kanilang wika o sa kanilang mga kilos—ang kanilang tungkulin sa pakikipagtulungan sa iba? (Hindi.) Hindi sila nakikipagtulungan, kundi hinihingi lang na ang iba ay sumunod sa kanilang mga pahayag at kilos. Kaya ba nilang tumanggap ng payo mula sa iba, kung gayon? Tiyak na hindi. Anumang payo ang puwedeng ibigay sa kanila ng iba, wala silang pakialam dito. Hindi sila humihingi ng mga detalye o mga dahilan, ni hindi sila nagtatanong kung paano ba talaga dapat asikasuhin ang mga bagay-bagay, lalong hindi nila hinahanap ang mga katotohanang prinsipyo. Ang masama pa, hindi man lang nila Ako tinatanong kapag nasa harap nila Ako—tinatrato nila Akong hangin. Tinatanong Ko sila kung may ilang problema ba sila, at sinasabi nilang wala. Malinaw na hindi nila alam kung ano ang gagawin tungkol sa isang bagay na katatapos lang mangyari, pero hindi nila Ako tinatanong, kahit na naroon Ako sa harap nila. Kaya ba nilang makipagtulungan sa sinuman, kung gayon? Walang sinumang kalipikadong maging katuwang nila—alipin at sunod-sunuran lang nila. Hindi ba't gayon iyon? Puwedeng may mga katuwang ang ilan sa kanila, pero sa katunayan, ang mga kapareha nilang iyon ay ang kanilang mga alalay, na parang mga papet. Sinasabi nila na, "Pumunta ka rito," at ginagawa ng kanilang katuwang; "Pumunta ka roon," at ginagawa ng kanilang katuwang; alam ng katuwang nila kung ano ang gusto nilang ipaalam dito, at sa kung ano ang hindi nila gustong ipaalam dito, hindi man lang ito nangangahas magtanong. Ang mga bagay ay tulad nang sinasabi nila. Puwedeng may magsabi sa kanila na, "Hindi ito magagawa. May ilang bagay na hindi mo mapapamahalaan nang mag-isa. Kailangan mong humanap ng isang taong makikipagtulungan sa iyo, isang taong mangangasiwa

sa iyo. Bukod pa rito, may ilang trabahong hindi mo napangangasiwaan nang maayos noong nakaraan. Kailangan mong humanap ng isang taong may kakayahan, na may abilidad na gawin ang gawain, para makipagtulungan sa iyo at tulungan ka—kailangan mong pangalagaan ang gawain ng iglesia at ang mga interes ng sambahayan ng Diyos!” Ano ang sasabihin nila rian? “Kung tatanggalin mo ang katuwang ko, walang ibang angkop na makipagtulungan sa akin.” Ano itong sinasabi nila? Wala ba silang magiging katuwang, o na hindi nila mahanap ang ganoong klase ng alalay at alipin? Natatakot sila na hindi nila mahahanap ang gayong alipin o alalay, tulad ng isang “katuwang” na ginagawa lang ang kanilang ipinag-uutos. Paano sa inyong palagay dapat lutasin ang hamong ito na binabanggit nila? Puwede ninyong sabihin na, “Ah, hindi ka makahanap ng katuwang? Hindi mo na kailangang magtrabaho sa proyektong ito, kung gayon—puwede itong gawin ng sinumang may katuwang.” Hindi ba’t nalutas na ang problema sa ganitong paraan? Kung walang sinumang angkop na makipagtulungan sa iyo at walang sinumang puwedeng makipagtulungan sa iyo, anong uri ng bagay ka, kung gayon? Isa kang halimaw, isang abnormal na nilalang. Ang mga tunay na may katwiran kahit papaano ay magagawang makipagtulungan sa isang karaniwang tao, maliban kung ang taong iyon ay masyadong mahina ang kakayahan. Hindi iyon uubra. Ang unang bagay na dapat gawin ng mga makatwirang tao ay matutong makipagtulungan sa iba sa paggawa ng kanilang tungkulin. Dapat ay magagawa nilang makipagtulungan sa sinuman, maliban kung ang taong iyon ay mahina ang pag-iisip o isang demonyo, sa gayong kaso ay walang paraan para makipagtulungan sa taong iyon. Ito ay isang napakahalagang bagay, ang magawang makipagtulungan sa karamihan ng mga tao—tanda ito ng normal na katwiran.

Isa sa mga pinakahalatang katangian ng diwa ng isang anticristo ay sinosolo niya ang kapangyarihan at pinapatakbo ang sarili niyang mga diktadura: Hindi siya nakikinig sa sinuman, hindi niya iginagalang ang sinuman, at anuman ang mga kalakasan ng mga tao, o anumang tamang pananaw at matalinong opinyon ang ipinapahayag ng mga ito, o anuman ang mga naaangkop na pamamaraan ang inilalatag ng mga ito, hindi niya pinapansin ang mga iyon; ito ay para bang walang sinuman ang kalipikadong makipagtulungan sa kanya, o makibahagi sa anumang ginagawa niya. Ito ang uri ng disposisyong mayroon ang mga anticristo. Sinasabi ng ilan na ito ay pagiging masamang uri ng pagkatao—pero paanong ito ay pangkaraniwang masamang uri ng pagkatao? Ito ay ganap na isang satanikong disposisyon; at ang gayong disposisyon ay napakalupit. Bakit Ko sinasabing ang kanilang disposisyon ay napakalupit? Kinakamkam ng mga anticristo ang lahat ng bagay mula sa sambahayan ng Diyos at ang pag-aari ng iglesia, at itinuturing ang mga ito bilang kanilang personal na pag-aari, na lahat ng ito ay sila dapat ang namamahala, at hindi nila pinapayagan ang sinuman na makialam dito. Ang mga iniisip lamang nila kapag ginagawa ang gawain ng iglesia ay ang kanilang sariling mga interes, kanilang sariling katayuan, at kanilang sariling dangal. Hindi nila tinutulutan ang sinuman na pinsalain ang kanilang mga interes, lalo nang hindi nila tinutulutan ang

sinumang may kakayahan o ang sinumang nagagawang magsalita tungkol sa kanyang patotoong batay sa karanasan na maging banta sa kanilang reputasyon at katayuan. Kaya naman, sinusubukan nilang supilin at ibukod bilang mga katunggali ang mga nagagawang magsalita ng patotoong batay sa karanasan, at kayang magbahagi tungkol sa katotohanan at magtustos para sa hinirang na mga tao ng Diyos, at desperado nilang tinatangkang ganap na ibukod ang mga taong iyon mula sa iba, lubusang dungisan ang pangalan ng mga ito, at pabagsakin ang mga ito. Saka lamang mapapayapa ang mga anticristo. Kung hindi kailanman nagiging negatibo ang mga taong ito, at nagagawa nilang patuloy na gawin ang kanilang tungkulin, nagsasalita ng kanilang patotoo, at sumusuporta sa iba, babaling ang mga anticristo sa huli nilang alas, at iyon ay ang hanapan ng kapintasan ang mga ito at kondenahin ang mga ito, o paratangan ang mga ito at umimbento ng mga dahilan para pahirapan ang mga ito, hanggang sa mapaalis ang mga ito sa iglesia. Saka lamang ganap na makakahinga nang maluwag ang mga anticristo. Ito ang palihim na pinakamapanira at pinakamapaminsala tungkol sa mga anticristo. Ang pinakanagdudulot sa kanila ng takot at pagkabalisa ay ang mga taong naghahangad sa katotohanan at nagtataglay ng tunay na patotoong batay sa karanasan, dahil ang mga taong may gayong patotoo ay ang mga taong pinakasinasang-ayunan at sinusuportahan ng hinirang na mga tao ng Diyos, sa halip na ang mga daldal nang daldal nang walang kabuluhan tungkol sa mga salita at doktrina. Ang mga anticristo ay walang tunay na patotoong batay sa karanasan, ni wala silang kapabilidad na isagawa ang katotohanan; ang pinakakaya nilang gawin ay ang ilang mabuting gawa para magpalakas sa mga tao. Ngunit gaano man karaming mabuting gawa ang ginagawa nila o gaano karaming magandang pakinggan na bagay ang sinasabi nila, hindi pa rin ito maikukumpara sa mga pakinabang at bentaheng maaaring idulot sa mga tao ng isang magandang patotoong batay sa karanasan. Walang makakapalit sa mga epekto ng pagtutustos at pagdidilig na naibibigay sa hinirang na mga tao ng Diyos ng mga taong nagagawang magsalita tungkol sa kanilang patotoong batay sa karanasan. Kung kaya, kapag nakakakita ang mga anticristo ng isang taong nagsasalita tungkol sa kanyang patotoong batay sa karanasan, nagiging matalim ang tingin nila. Nag-aapoy ang galit sa puso nila, umuusbong ang pagkamuhi, at nanggigigil silang patahimikin ang nagsasalita at pigilan siyang magsalita pa. Kung patuloy siyang magsasalita, lubos na masisira ang reputasyon ng mga anticristo, lubos na malalantad sa lahat ang kanilang pangit na hitsura, kaya humahanap ng dahilan ang mga anticristo para guluhin ang taong nagsasabi ng patotoo, at supilin siya. Pinahihintulutan lamang ng mga anticristo ang kanilang sarili na ilihis ang mga tao gamit ang mga salita at doktrina; hindi nila pinapayagan ang hinirang na mga tao ng Diyos na luwalhatiin ang Diyos sa pamamagitan ng pagsasalita ng kanilang patotoong batay sa karanasan, na nagpapahiwatig kung anong uri ng mga tao ang pinakakinamumuhian at kinatatakutan ng mga anticristo. Kapag namumukod-tangi ang isang tao dahil sa isang maliit na gawain, o kapag nagagawa ng isang taong magsalita ng tunay na patotoong batay sa karanasan, at nakakatanggap ng mga pakinabang,

napapatibay, at nasusuportahan mula rito ang hinirang na mga tao ng Diyos, at nakatatanggap ito ng malaking papuri mula sa lahat, nabubuo ang inggit at poot sa puso ng mga anticristo, at sinusubukan nilang ihiwalay at supilin ang taong ito. Anuman ang sitwasyon, hinding-hindi nila tinutulutan ang gayong mga tao na gumawa ng anumang gawain, upang hindi maging banta ang mga ito sa kanilang katayuan. Napapalutang at nabibigyang-diin ng mga taong may katotohanang realidad ang kahirapan, kahabag-habag na kalagayan, kapangitan, at kabuktutan ng mga anticristo kapag nasa presensiya nila ang mga ito, kaya kapag pumipili ng katuwang o katrabaho ang mga anticristo, hindi sila kailanman pumipili ng isang taong may katotohanang realidad, hindi sila kailanman pumipili ng mga taong kayang magsalita tungkol sa patotoong batay sa karanasan ng mga ito, at hindi sila kailanman pumipili ng mga taong matapat o mga taong nakapagsasagawa sa katotohanan. Ang mga ito ang mga taong pinakakinaiinggitan at pinakakinapopootan ng mga anticristo, at ang mga ito ay tinik sa tagiliran ng mga anticristo. Gaano man karami ang ginagawa na mabuti o kapaki-pakinabang sa gawain ng sambahayan ng Diyos ng mga taong ito na nagsasagawa sa katotohanan, magsisikap nang husto ang mga anticristo upang takpan ang mga gawa na ito. Babaluktutin pa nila ang mga katunayan upang angkinin ang papuri para sa magagandang bagay habang ipinapasa ang sisi para sa masasamang bagay sa iba, para maitaas nila ang kanilang sarili at maliitin ang iba. Malaki ang inggit at pagkamuhi ng mga anticristo sa mga naghahangad sa katotohanan at sa mga nagagawang magsalita tungkol sa kanilang patotoong batay sa karanasan. Natatakot sila na magiging banta ang mga taong ito sa sarili nilang katayuan, kaya nga ginagawa nila ang lahat ng makakaya nila para atakihin at ibukod ang mga ito. Pinagbabawalan nila ang mga kapatid na makipag-ugnayan sa mga ito o lumapit sa mga ito, o suportahan o purihin ang mga taong ito na nagagawang magsalita tungkol sa kanilang patotoong batay sa karanasan. Ito ang pinakanagbubunyag sa satanikong kalikasan ng mga anticristo, na tutol sa katotohanan at namumuhi sa Diyos. Kung kaya, pinatutunayan din nito na ang mga anticristo ay masasamang puwersa na salungat sa iglesia, na sila ang dapat sisihin sa panggugulo sa gawain ng iglesia at paghadlang sa kalooban ng Diyos. Higit pa rito, ang mga anticristo ay madalas na gumagawa ng mga kasinungalingan at binabaluktot nila ang mga katunayan sa gitna ng mga kapatid, minamaliit at kinokondena ang mga tao na nakapagsasalita ng kanilang patotoong batay sa karanasan. Anuman ang gawaing ginagawa ng mga taong iyon, naghahanap ang mga anticristo ng mga dahilan para ihiwalay at sugpuin ang mga iyon, at mapanghusga sila sa mga iyon, sinasabing mayabang at mapagmagaling ang mga iyon, na gustongmagpakitang-gilas ng mga iyon, at na nagkikimkim ang mga iyon ng mga ambisyon. Sa katunayan, ang mga taong ito ay may ilang patotoong batay sa karanasan at nagtataglay ng kaunting katotohanang realidad. Medyo mabuti ang pagkatao nila, may konsensiya at katwiran, at kayang tumanggap sa katotohanan. At kahit na mayroon silang ilang kakulangan, kahinaan, at paminsan-minsang pagbubunyag ng isang tiwaling disposisyon, kaya nilang pagnilayan ang kanilang sarili at magsisi. Ang mga

taong ito ang mga ililigtas ng Diyos, at may pag-asa na magawang perpekto ng Diyos. Sa kabuuan, ang mga taong ito ay angkop sa paggawa ng isang tungkulin. Natutugunan nila ang mga hinihingi at prinsipyo sa paggawa ng isang tungkulin. Ngunit iniisip ng mga anticristo na, “Hindi ko talaga matitiis ang ganito. Nais mong magkaroon ng papel sa aking nasasakupan, upang makipagpaligsahan sa akin. Imposible iyon; huwag na huwag kang magtatangka. Mas edukado ka kaysa sa akin, mas matatas magsalita kaysa sa akin, mas sikat kaysa sa akin, at mas masikap mong hinahangad ang katotohanan kaysa sa akin. Kung makikipagtulungan ako sa iyo at inagaw mo ang atensiyon mula sa akin, ano na lang ang gagawin ko?” Isinasaalang-alang ba nila ang mga interes ng sambahayan ng Diyos? Hindi. Ano ang iniisip nila? Iniisip lamang nila kung paano kakapit sa sarili nilang katayuan. Kahit alam ng mga anticristo na hindi nila kayang gumawa ng tunay na gawain, hindi nila nililinang o iniaangat ang mga taong mahusay ang kakayahan na naghahangad sa katotohanan; ang tanging iniaangat nila ay ang mga taong nambobola sa kanila, mga mahilig sumamba sa iba, na sumasang-ayon at humahanga sa kanila sa puso ng mga ito, mga taong magaling makisama para sa sariling kapakanan, na walang pagkaunawa sa katotohanan at hindi kayang kumilatis. Inaangat ng mga anticristo ang mga taong ito sa panig nila para paglingkuran sila, maging abala para sa kanila, at umikot ang pang-araw-araw na buhay ng mga ito sa kanila. Ito ang nagbibigay sa mga anticristo ng kapangyarihan sa iglesia, at nangangahulugan ito na maraming tao ang lumalapit sa kanila, at sumusunod sa kanila, at na walang sinuman ang nangangahas na salungatin sila. Ang lahat ng mga taong ito na nililinang ng mga anticristo ay mga taong hindi naghahangad sa katotohanan. Karamihan sa kanila ay walang espirituwal na pang-unawa at walang alam kundi ang pagsunod sa panuntunan. Gusto nilang sinusundan ang mga uso at ang mga may kapangyarihan. Sila ay ang uri na lumalakas ang loob kapag nagkakaroon ng isang makapangyarihang amo—isang barkadahan ng mga taong magulo ang isip. Ano nga ba ang kasabihang iyon ng mga walang pananampalataya? Mas mabuti pang maging isang eskudero sa isang mabuting tao kaysa maging sinasambang ninuno ng isang masamang tao. Ang mga anticristo ay ginagawa ang ganap na kabaligtaran—kumikilos sila bilang mga sinasambang ninuno ng gayong mga tao, at sinasadya nilang linangin ang mga ito bilang kanilang mga tagawagayway ng watawat at tagapagpasaya. Sa tuwing may isang anticristo na nasa kapangyarihan sa isang iglesia, palagi siyang mangangalap ng mga taong magulo ang isip at ang mga pikit-matang nagloloko bilang kanyang mga katulong, habang inihihiwalay at sinusugpo ang mga taong may kakayahan na nakakaunawa at nagsasagawa sa katotohanan, na kayang gumawa ng trabaho—at lalo na ang mga lider at manggagawa na may kapabilidad sa aktuwal na trabaho. Sa ganitong paraan, dalawang kampo ang nabubuo sa iglesia: Sa isang kampo ay ang mga medyo matapat ang pagkatao, na gumagawa ng kanilang tungkulin nang may sinseridad, at mga taong naghahangad sa katotohanan. Ang kabilang kampo ay isang barkadahan ng mga taong magulo ang isip at pikit-matang nagloloko, na pinamumunuan ng mga anticristo. Ang

dalawang kampong ito ay magpapatuloy sa pakikipaglaban sa isa't isa hanggang sa ang mga anticristo ay mabunyag at matiwalag. Ang mga anticristo ay palaging lumalaban at kumikilos laban sa mga taong gumagawa ng kanilang tungkulin nang may sinseridad at naghahangad sa katotohanan. Hindi ba't lubha nitong nagugulo ang gawain ng iglesia? Hindi ba't ginagambala at ginugulo nito ang gawain ng Diyos? Ang puwersa bang ito ng mga anticristo ay hindi isang katitisan at isang balakid na pumipigil sa pagsasakatuparan ng kalooban ng Diyos sa iglesia? Hindi ba't ito ay isang buktot na puwersang sumasalungat sa Diyos? Bakit kumikilos ang mga anticristo sa ganitong paraan? Dahil sa isipan nila, malinaw na kung tatayo at magiging mga lider at manggagawa ang mga positibong karakter na ito, magiging mga katunggali sila ng mga anticristo; magiging salungat na puwersa sila sa mga anticristo, at talagang hindi sila makikinig sa mga salita ng mga anticristo o susunod sa mga ito; talagang hindi nila susundin ang bawat utos ng mga anticristo. Sapat ang mga taong ito para maging banta sa katayuan ng mga anticristo. Kapag nakikita ng mga anticristo ang mga taong ito, lumilitaw ang poot sa kanilang puso; ang kanilang puso ay mawawalan ng kapayapaan at katiyakan kung hindi nila ihihiwalay at tatalunin ang mga taong ito at sisirain ang kanilang pangalan. Samakatwid, dapat kumilos sila nang mabilis para linangin ang sarili nilang kapangyarihan at palakasin ang kanilang hanay. Sa ganitong paraan, makontrol nila ang mas maraming hinirang na tao ng Diyos, at hindi na sila muling mag-aalala tungkol sa kakaunting naghahangad sa katotohanan na nagbabanta sa kanilang katayuan. Bumubuo ang mga anticristo ng sarili nilang puwersa sa iglesia, kinukuha ang mga nakikinig sa kanila, sumusunod sa kanila, at sipsip sa kanila, at iniaangat ang mga ito para mamahala sa bawat aspekto ng gawain. Ang paggawa ba nito ay kapaki-pakinabang sa gawain ng sambahayan ng Diyos? Hindi. Hindi lamang ito hindi kapaki-pakinabang, lumilikha rin ito ng pagkagambala at kaguluhan sa gawain ng iglesia. Kung ang buktot na puwersang ito ay may higit sa kalahati ng mga tao sa panig nito, may tsansang mapababagsak nito ang iglesia. Ito ay dahil ang bilang ng mga naghahangad sa katotohanan sa iglesia ay nasa minority lamang, samantalang ang mga trabahador at hindi mananampalataya na naroroon lamang para makinabang hangga't nais nila ay hindi bababa sa kalahati. Sa sitwasyong ito, kung itutuon ng mga anticristo ang lakas nila sa panlilinlang at pang-aakit sa mga taong iyon sa kanilang panig, natural na makalalamang sila kapag naghalal ang iglesia ng mga lider. Samakatwid, palaging binibigyang-diin ng sambahayan ng Diyos na sa panahon ng halalan, dapat na magbahagi tungkol sa katotohanan hanggang sa maging malinaw ito. Kung hindi mo magawang isiwalat at talunin ang mga anticristo sa pamamagitan ng pagbabahagi tungkol sa katotohanan, puwedeng ilihis ng mga anticristo ang mga tao at mahalal bilang lider, sinasakop at kinontrol ang iglesia. Hindi ba't iyon ay isang mapanganib na bagay? Kung isa o dalawang anticristo ang lumitaw sa iglesia, hindi pa ito sapat para ikatakot, pero kung ang mga anticristo ay magiging isang puwersa at magkakamit ng isang partikular na antas ng impluwensiya, dapat na iyong ikatakot. Samakatwid,

kailangang mabunot at mapatalsik ang mga anticristo sa iglesia bago nila makamit ang antas ng impluwensiyang iyon. Ang gampaning ito ay may pinakamataas na prioridad, at kinakailangan ito. Bukod pa rito, ang mga hindi mananampalatayang iyon sa iglesia, lalo na ang mga mahilig sumamba at sumunod sa tao, na gustong sumunod sa puwersa, na gustong maging kasabwat at alipores ng mga demonyo, na gustong magpangkat-pangkat—ang gayong mga hindi mananampalataya at mga diyablong tulad nila ay dapat na paalisin sa lalong madaling panahon. Iyan ang tanging paraan para maiwasan ang mga mangmang na taong iyon na bumuo ng puwersa na gugulo at kokontrol sa iglesia. Ito ay isang bagay na dapat na malinaw na makita ng hinirang na mga tao ng Diyos, isang bagay na dapat pasanin ng mga nakakaunawa sa katotohanan. Ang lahat ng pumapasan sa gawain ng iglesia, lahat ng may pagsasaalang-alang sa mga layunin ng Diyos, ay dapat na makita ang mga bagay na ito sa kung ano ang mga ito. Dapat nilang makita lalo na ang mga kauri ng mga anticristo kung ano ang mga ito, gayundin ang maliliit na diyablo na gustong nambobola at sumasamba sa mga tao, at pagkatapos ay maglagay ng mga paghihigpit sa mga ito o paalisin ang mga ito sa iglesia. May napakalaking pangangailangan para sa pagsasagawang tulad nito. Ang mga taong tulad ng mga anticristo ay partikular na naglalayong makipag-ugnayan sa gayong mga taong magulo ang isip, mga walang-kuwentang tao, at mga ubod ng samang tao na hindi tumatanggap o nagmamahal sa katotohanan. Kinukuha nila ang loob ng mga ito at “nakikipagtulungan” sa mga ito nang lubos na may pagkakasundo, at matalik, at masigasig. Anong mga klaseng nilalang ang mga taong iyon? Hindi ba’t mga miyembro sila ng mga barkadahan ng mga anticristo? Kung dapat tanggalin ng ang Itaas ang kanilang “sinasambang ninuno,” ang masusunuring supling na ito ay hindi papayag dito—huhusgahan nila ang ang Itaas bilang hindi patas, at magsasama-sama sila para ipagtanggol ang mga anticristo. Puwede ba silang pahintulutan ng sambahayan ng Diyos na manaig? Ang gagawin lang nito ay ihagis ang lambat nito sa kanilang lahat at paalisin silang lahat. Sila ay isang barkadahan ng mga anticristo, masasamang demonyo, at wala ni isa man sa kanila ang puwedeng pakawalan. Ang mga taong tulad ng mga anticristo ay bihirang kumilos nang mag-isa; kadalasan, nagtitipon sila ng isang grupo para kasamang kumilos, na binubuo ng hindi bababa sa dalawa o tatlong tao. Gayumpaman, may ilang indibidwal na kaso ng mga anticristo na kumikilos bilang mga indibidwal. Ito ay dahil wala silang mga talento, o marahil ay hindi nila nakuha ang kanilang tsansa. Gayumpaman, ang pagkakatulad nila sa iba ay ang kanilang espesyal na pagmamahal sa katayuan. Huwag mong ipagpalagay na hindi nila mahal ang katayuan dahil wala silang mga kasanayan o edukasyon. Mali iyan. Hindi mo pa nakikita nang malinaw ang diwa ng isang anticristo—hangga’t ang isang tao ay isang anticristo, gusto niya ang katayuan. Sa pagkakita na ang mga anticristo ay walang kakayahang makipagtulungan sa kahit na kanino, bakit naghuhubog sila ng gayong grupo ng mga taong magulo ang isip, basura, at peste para magpalugod sa kanila? May balak ba silang makipagtulungan sa mga taong ito? Kung talagang kaya nilang makipagtulungan sa mga ito, ang pahayag

na “walang kakayahan ang mga anticristo na makipagtulungan sa kahit na kanino” ay walang kabuluhan. Wala silang kakayahang makipagtulungan sa kahit na kanino—na ang “kahit kanino” ay pangunahing tumutukoy sa mga positibong tao, pero kung isasaalang-alang ang disposisyon ng isang anticristo, hindi rin sila puwedeng makipagtulungan sa kanilang mga kasabwat. Kaya, ano ang ginagawa nila sa paghubog sa mga taong ito? Hinuhubog nila ang isang grupo ng mga taong magulo ang isip na madaling utus-utusan, na madaling manipulahin, walang sarili nilang mga pananaw, na ginagawa ang anumang sabihin ng mga anticristo—para patuloy na sama-samang pangalagaan ang katayuan ng mga anticristo. Kung sasandig ang isang anticristo sa kanyang sarili, magiging mag-isa lang siya, at hindi magiging madaling bagay para sa kanyang pangalagaan ang kanyang katayuan. Kaya naman, kinukuha niya ang loob ng isang grupo ng mga taong magulo ang isip para pumalibot sa kanya araw-araw at gumawa ng mga bagay-bagay para sa kanyang kapakanan. Inililigaw pa nga niya ang hinirang na mga tao ng Diyos: Sinasabi niya kung paano hinahangad ng mga taong ito ang katotohanan at kung paano sila nagdurusa; sinasabi niyang karapat-dapat silang linangin; sinasabi pa nga niya na kapag may isyu ang mga taong ito, nagtatanong sila sa kanya tungkol dito, at tinatanong siya tungkol dito—na lahat sila ay mga masunurin at mapagpasakop na tao. Nakikipagtulungan ba sila sa paggawa ng kanilang tungkulin? Ang anticristo ay naghahanap ng isang grupo ng mga tao na kikilos para sa kanya, na magiging mga alipores niya, mga kasabwat niya, para patatagin ang kanyang katayuan. Hindi iyon pakikipagtulungan—pagsasagawa iyon ng sarili niyang proyekto. Ganyan ang puwersa ng mga anticristo.

Ano ang masasabi ninyo, mahirap bang makipagtulungan sa ibang tao? Hindi naman, sa totoo lang. Masasabi pa nga ninyong madali ito. Subalit bakit pakiramdam pa rin ng mga tao ay mahirap ito? Dahil mayroon silang mga tiwaling disposisyon. Para sa mga nagtataglay ng pagkatao, konsensiya, at katwiran, ang pakikipagtulungan sa iba ay medyo madali, at nararamdaman nilang ito ay isang bagay na nakakagalak. Ito ay dahil hindi madali para sa kahit sino na magawa ang mga bagay-bagay nang mag-isa, at anuman ang larangan na kanilang kinasasangkutan, o anuman ang kanilang ginagawa, palaging mabuti na may isang taong naroon para tukuyin ang mga bagay-bagay at mag-alok ng tulong—mas madali kaysa gawin ito nang mag-isa. Gayundin, may mga limitasyon sa kung ano ang magagawa ng kakayahan ng mga tao o kung ano ang kaya nila mismong maranasan. Walang sinuman ang maaaring maging dalubhasa sa lahat ng bagay: imposible para sa isang tao na malaman ang lahat, maging may kapabilidad sa lahat, magawa ang lahat—imposible iyon, at dapat taglayin ng lahat ang gayong katwiran. Kung kaya, anuman ang gawin mo, mahalaga man ito o hindi, palagi kang mangangailangan ng isang taong tutulong sa iyo, para bigyan ka ng mga paalala at payo, o para gumawa ng mga bagay-bagay sa pakikipagtulungan sa iyo. Ito ang tanging paraan para masigurong magagawa mo ang mga bagay-bagay nang mas tama, mas magiging kaunti ang mga pagkakamali at mas malamang na hindi ka maliligaw—mabuting bagay

ito. Ang paglilingkod sa Diyos, sa partikular, ay isang malaking bagay, at ang hindi paglutas sa iyong tiwaling disposisyon ay maaaring maglagay sa iyo sa panganib! Ang mga tao ay may mga satanikong disposisyon, at maaaring maghimagsik at sumalungat sa Diyos anumang oras at saanmang lugar. Ang mga taong namumuhay ayon sa mga satanikong disposisyon ay maaaring itatwa, salungatin, at ipagkanulo ang Diyos anumang oras. Napakahangal ng mga anticristo, hindi nila ito napagtatanto, iniisip nila na, “Ang dami ko nang problemang pinagdaanan para magkaroon ng kapangyarihan, bakit ko ito ibabahagi sa iba? Ang pagbibigay nito sa iba ay nangangahulugang wala nang matitira para sa sarili ko, hindi ba? Paano ko maipakikita ang aking mga talento at abilidad nang walang kapangyarihan?” Hindi nila alam na ang ipinagkatiwala ng Diyos sa mga tao ay hindi kapangyarihan o katayuan, kundi isang tungkulin. Ang tinatanggap lamang ng mga anticristo ay kapangyarihan at katayuan, isinasantabi nila ang kanilang mga tungkulin, at hindi sila gumagawa ng aktuwal na gawain. Sa halip, naghahangad lamang sila ng kasikatan, pakinabang at katayuan, at gusto lamang nilang kumamkam ng kapangyarihan, kontrolin ang mga hinirang na tao ng Diyos, at magpakasasa sa mga benepisyong katayuan. Ang paggawa ng mga bagay sa ganitong paraan ay lubhang mapanganib—ito ay pagsalungat sa Diyos! Sinumang naghahangad lang ng kasikatan, pakinabang at katayuan sa halip na maayos na gampanan ang kanyang tungkulin ay naglalaro ng apoy at naglalagay ng kanyang buhay sa panganib. Ang mga naglalaro ng apoy at ng kanilang buhay ay maaaring magpahamak sa kanilang sarili anumang sandali. Ngayon, bilang isang lider o manggagawa, naglilingkod ka sa Diyos, na hindi isang ordinaryong bagay. Hindi ka gumagawa ng mga bagay para sa sinumang tao, lalong hindi ka nagtatrabaho para mabayaran ang mga bayarin at matustusan ang mga pangangailangan mo; sa halip, ginagampanan mo ang iyong tungkulin sa iglesia. Sa partikular, ang tungkuling ito ay nagmula sa atas ng Diyos. Kaya ano ang ipinapahiwatig ng paggawa nito? Na kailangan mong panagutan sa Diyos ang iyong tungkulin, gawin mo man ito nang maayos o hindi; sa huli, dapat kang managutan sa Diyos, dapat may kinalabasan. Ito ay dahil ang tinanggap mo ay atas ng Diyos, isang banal na responsabilidad, at gaano man kahalaga o kaliit ang responsabilidad na ito, ito ay isang seryosong bagay. Gaano ito kaseryoso? Sa maliit na antas, kinapapalooban ito ng kung makakamit mo ba ang katotohanan sa buhay na ito at kinapapalooban ito ng kung paano ka tinitingnan ng Diyos. Sa mas malaking antas, direkta itong nauugnay sa iyong mga kinabukasan at kapalaran, sa iyong kalalabasan; kung gagawa ka ng kasamaan at sasalungatin mo ang Diyos, kokondenahin at parurusahan ka. Ang lahat ng ginagawa mo kapag ginagampanan mo ang iyong tungkulin ay itinatala ng Diyos, at ang Diyos ay may sarili Niyang mga prinsipyo at pamantayan kung paano ito mamarkahan at susuriin; itinatakda ng Diyos ang iyong kalalabasan batay sa kabuuan ng paggampan mo ng iyong tungkulin. Seryosong usapin ba ito? Talagang seryoso ito! Kaya, kung itinalaga sa iyo ang isang gawain, sariling usapin mo ba ito para pangasiwaan? (Hindi.) Ang gawaing iyon ay hindi isang bagay na kaya mong kompletuhin nang mag-isa, subalit

hinihingi nitong akuin mo ang responsabilidad para dito. Ang responsabilidad ay sa iyo; dapat mong kompletuhin ang atas na iyon. Ano ang tinatalakay nito? Tinatalakay nito ang pagtutulungan, kung paano makikipagtulungan sa pagseserbisyo, kung paano makikipagtulungan para magampanan ang iyong tungkulin, kung paano makikipagtulungan para makompleto ang iyong atas, kung paano makikipagtulungan nang sa gayon ay masusunod mo ang kalooban ng Diyos. Tinatalakay nito ang mga bagay na ito.

Ang pakikipagtulungan nang may pagkakasundo ay kinapapalooban ng maraming bagay. Kahit papaano, ang isa sa maraming bagay na ito ay ang pahintulutan ang iba na magsalita at magbigay ng ibang mga mungkahi. Kung tunay kang makatwiran, anumang uri ng gawain ang ginagawa mo, kailangan mo munang matutunang hanapin ang mga katotohanang prinsipyo, at dapat ka ring magkusang hingin ang mga opinyon ng iba. Basta't sineseryoso mo ang bawat mungkahi, at pagkatapos ay nilulutas ang mga problema, nang kaisa sa puso at isipan, talagang makakamit mo ang pakikipagtulungan nang may pagkakasundo. Sa ganitong paraan, makararanas ka ng mas kaunting paghihirap sa iyong tungkulin. Anumang mga problema ang lumitaw, magiging madaling lutasin at harapin ang mga ito. Ito ang epekto ng pakikipagtulungan nang may pagkakasundo. Kung minsan ay may mga pagtatalo tungkol sa mga walang-kuwentang bagay, subalit basta't hindi nito naaapektuhan ang gawain, hindi magiging problema ang mga ito. Gayunman, sa mahahalaga at malalaking bagay na kinasasangkutan ng gawain ng iglesia, kailangan ninyong magkasundo at hanapin ang katotohanan para malutas ang mga ito. Bilang isang lider o isang manggagawa, kung palagi mong iniisip ang iyong sarili nang higit kaysa sa iba, at nagpapakasaya sa iyong tungkulin na parang ito ay isang posisyon sa gobyerno, palaging nagpapakasasa sa mga benepisyo ng iyong katayuan, palaging gumagawa ng sarili mong mga plano, palaging iniisip at tinatamasa ang sarili mong kasikatan, pakinabang at katayuan, palaging nagsasagawa ng sariling proyekto, at palaging naghahangad na magtamo ng mas mataas na katayuan, para pamahalaan at kontrolin ang mas maraming tao, at mapalawak ang saklaw ng iyong kapangyarihan, problema ito. Lubhang mapanganib na tratuhin ang isang mahalagang tungkulin bilang isang pagkakataon para tamasahin ang iyong posisyon na para bang isa kang opisyal ng gobyerno. Kung palagi kang kikilos nang ganito, ayaw makipagtulungan sa iba, ayaw bawasan ang iyong kapangyarihan at ibahagi ito sa iba, ayaw na masapawan ka ng iba, na maagawan ng katanyagan, kung gusto mo lang tamasahing mag-isa ang kapangyarihan, isa kang anticristo. Subalit kung madalas mong hinahanap ang katotohanan, isinasagawa ang paghihimagsik laban sa iyong laman, sa sarili mong mga motibasyon at ideya, at nagagawa mong kusang makipagtulungan sa iba, buksan ang puso mo para sumangguni at maghanap kasama ng iba, makinig nang mabuti sa mga ideya at mungkahi ng iba, at tumanggap ng payo na tama at naaayon sa katotohanan, kanino man iyon manggaling, nagsasagawa ka sa isang matalino at tamang paraan, at nagagawa mong iwasang tumahak sa maling landas, na proteksyon para sa iyo. Dapat mong bitiwang ang mga titulo ng pagiging lider, bitiwang ang maruming hangin ng katayuan,

tratuhin ang sarili mo bilang isang ordinaryong tao, tumayong kapantay ng iba, at maging responsable sa iyong tungkulin. Kung palagi mong tatrathuhin ang iyong tungkulin bilang isang opisyal na titulo at katayuan, o bilang isang uri ng karangalan, at iisiping naroon ang iba para gumawa at magserbisyo para sa iyong posisyon, problema ito, at kamumuhian at kasusuklaman ka ng Diyos. Kung naniniwala ka na kapantay ka ng iba, medyo may mas maraming atas at responsabilidad ka lamang mula sa Diyos, kung matututo kang ipantay ang sarili mo sa kanila, at makakapagpakumbaba pa nga para tanungin kung ano ang iniisip ng ibang mga tao, at kung kaya mong pakinggan nang taimtim, masinsinan, at buong-pansin ang sinasabi nila, makikipagtulungan ka nang may pagkakasundo sa iba. Ano ang epektong makakamtan ng pakikipagtulungan nang may pagkakasundong ito? Malaki ang epekto. Magkakamit ka ng mga bagay na hindi mo pa nakakamit dati, na iyon ay ang liwanag ng katotohanan at mga realidad ng buhay; matutuklasan mo ang merito ng iba at matututo ka mula sa kanilang mga kalakasan. Mayroon pang iba: Ang tingin mo sa ibang mga tao ay walang alam, mahina ang utak, hangal, mas mababa sa iyo, subalit kapag nakinig ka sa kanilang mga opinyon, o naging bukas sa iyo ang ibang mga tao, matutuklasan mo nang hindi sinasadya na walang sinuman ang kasing-ordinaryo na tulad ng iniisip mo, na lahat ay maaaring magbigay ng ibang mga kaisipan at ideya, at na ang lahat ay may sarili nilang mga merito. Kung matututo kang makipagtulungan nang may pagkakasundo, higit pa sa pagtulong lamang sa iyo na matuto mula sa mga kalakasan ng iba, maaaring ilantad nito ang iyong kayabangan at pagmamagaling, at pigilan kang isipin na matalino ka. Kapag hindi mo na itinuturing na mas matalino at mas magaling ka kaysa sa lahat ng iba pa, titigil ka na sa pamumuhay sa kalagayang ito ng pagiging narsisistiko at labis na pagpapahalaga sa sarili. At poprotektahan ka niyan, hindi ba? Gayon ang aral na dapat mong matutunan at ang benepisyong dapat mong makamit sa pakikipagtulungan sa iba.

Sa mga pakikitungo Ko sa mga tao, nakikinig Akong mabuti sa sinasabi ng karamihan ng mga tao. Sadyang sinusuri Ko ang lahat ng uri ng mga tao, at pinakikinggan silang magsalita, at pinag-aaralan ang wika at estilong ginagamit nila sa paggawa nito. Ipinagpapalagay mo dati, halimbawa, na karamihan ng mga tao ay may kaunti lang na edukasyon, subalit hindi marunong ng mga kasanayan ng isang hanapbuhay, kaya hindi na kinakailangang makipag-ugnayan sa kanila. Sa katunayan, hindi tama iyan. Kapag nakasasalamuha mo ang mga taong ito, o kahit na ang ilang espesyal na tao, nagagawa mong maunawaan ang mga bagay sa kaibuturan ng kanilang puso na hindi mo makita o maunawaan—mga bagay tulad ng kanilang mga iniisip at pananaw, ang ilan ay baluktot, at ang ilan ay wasto. Siyempre, maaaring napakalayo pa sa katotohanan ang “pagiging wasto” na iyon; maaaring wala itong kinalaman dito. Subalit magagawa mong malaman ang mas maraming aspekto ng pagkatao. Hindi ba’t iyan ay isang mabuting bagay para sa iyo? (Isang mabuting bagay ito.) Iyan ang kabatiran; isa itong paraan ng paglilinang sa iyong kabatiran. Maaaring sabihin ng ilan na, “Ano ang silbi ng paglilinang sa ating kabatiran?” Kapaki-pakinabang ito para sa pag-unawa mo sa iba’t ibang uri ng

mga tao, at sa iyong pagkilatis at paghimay sa iba't ibang uri ng mga tao, at lalong higit sa iyong abilidad na tumulong sa iba't ibang uri ng mga tao. Ito ang landas kung saan maraming gawain ang ginagawa. Ang ilang tao ay huwad na espirituwal at naniniwala na, "Ngayong nananampalataya ako sa Diyos, hindi ako nakikinig sa mga broadcast o mga balita, at hindi ako nagbabasa ng mga pahayagan. Hindi ako nakikipag-ugnayan sa panlabas na mundo. Ang lahat ng tao, mula sa lahat ng antas ng pamumuhay at propesyon, ay mga diyablo!" Buweno, mali ka. Kung nasa iyo ang katotohanan, matatakot ka pa rin bang makipag-ugnayan sa mga diyablo? Maging ang Diyos kung minsan ay may mga pakikitungo kay Satanas sa espirituwal na mundo. Nagbabago ba Siya para dito? Kahit kaunti ay hindi. Natatakot kang makipag-ugnayan sa mga demonyo, at sa loob ng takot na iyon, may isang problema. Ang talagang dapat katakutan ay na hindi mo nauunawaan ang katotohanan, na mayroon kang hindi tumpak na pagkaarok at pananaw sa pananampalataya sa Diyos at sa katotohanan, na marami kang kuru-kuro at imahinasyon, at na masyado kang nagiging dogmatiko. Iyon ang dahilan kung bakit, ikaw man ay isang lider o manggagawa o isang lider ng grupo, anumang trabaho ang may responsabilidad ka at anuman ang papel na iyong ginagampanan, dapat mong matutunang makipagtulungan sa iba at makipag-ugnayan sa kanila. Huwag kang magbulalas ng magagarbong ideya, at huwag palaging magpanggap na maharlika, para pakinggan ka ng mga tao. Kung palagi kang nagbubulalas ng magagarbong ideya, at hindi ka kailanman nagsasagawa ng katotohanan, o nakikipagtulungan sa iba, ginagawa mong hangal ang iyong sarili. Sino ang magbibigay-pansin sa iyo kung ganoon? Paano nangyari ang pagbagsak ng mga Pariseo? Palagi silang nangangaral ng mga teoryang teolohiko at nagbubulalas ng magagarbong ideya. Habang ginagawa nila iyon, wala na ang Diyos sa kanilang puso—tinanggihan nila Siya, at ginamit pa nga ang mga kuru-kuro, kautusan, at tuntunin ng tao para kondenahin at salungatin ang Diyos, at ipako Siya sa krus. Buong araw nilang hawak ang kanilang mga Bibliya, binabasa at sinasaliksik ang mga ito, at matatas na nakapagbibigkas sila ng kasulatan. At ano ang kinahinatnan noon, sa huli? Hindi nila alam kung nasaan ang Diyos, o kung ano ang Kanyang disposisyon, at kahit na nagpahayag na Siya ng maraming katotohanan, hindi nila tinanggap ang kahit katiting ng mga ito, sa halip ay sinalungat at kinondena nila Siya. Hindi ba't iyon ang katapusan nila? Malinaw ninyong nalalaman kung ano ang mga resulta niyon. Mayroon ba kayong mga nakalililang na pananaw sa inyong pananampalataya sa Diyos? Hindi ba't sarado ang inyong isipan? (Oo, sarado ang aming isipan.) Nakikita mo bang sarado ang isipan Ko? Minsan ay nagbabasa Ako ng balita, at minsan nanonood ng mga panayam sa mga espesyal na panauhin at iba pang ganoong mga programa; minsan, kaswal Akong nakikipag-usap sa mga kapatid, at minsan, nakikipag-usap Ako sa taong nagluluto o naglilinis. Nakikipag-usap Ako nang bahagya sa kung sinuman ang nakikita Ko. Huwag mong isipin na dahil umako ka ng isang gampanin, o dahil may espesyal kang talento, o dahil pa nga tumanggap ka ng isang espesyal na misyon, na mas espesyal ka kaysa sa iba. Mali iyan. Sa sandaling isipin mong mas espesyal ka kaysa sa iba, ang maling

pananaw na iyon ang hindi mapapansing unti-unting magkukulong sa iyo sa isang hawla—papaderan ka nito ng bakal at tanso mula sa labas. Pagkatapos ay mararamdaman mong pinakamataas ka sa lahat, na hindi mo kayang gawin ito at iyon, na hindi mo kayang magsalita o magkaroon ng komunikasyon sa ganito-at-ganyang tao, na hindi mo kayang tumawa man lang. At ano ang mangyayari sa huli? Magiging ano ka? (Isang nakahiwalay na laging mag-isa.) Ikaw ay nagiging nakahiwalay na laging mag-isa. Tingnan mo kung paano palaging sinasabi ng mga emperador noong unang panahon ang mga bagay tulad ng “Ako, mag-isa, ay gayon at ganyan”; “Ako, na nakahiwalay, ay ito at iyan”; “Ako, mag-isa, ay nag-iisip”—palaging ipinapahayag ang kanilang sarili na nag-iisa. Kung palagi mong ipinahahayag ang iyong sarili na nag-iisa, gaano kaya kadakila ang tingin mo sa iyong sarili? Sa sobrang dakila ay naging anak ka na talaga ng langit? Ganoon ka ba? Sa diwa, isa kang ordinaryong tao. Kung palagi mong iniisip na dakila at hindi pangkaraniwan ang iyong sarili, may problema ka. Mas lalala pa ito. Kung pinakikitunguhan mo ang mundo at umaasal ka nang may gayong maling pananaw, magbabago ang mga diskarte at pamamaraan ng iyong pagkilos—magbabago ang iyong mga prinsipyo. Kung palagi mong iniisip na hiwalay ka sa iba, na mas mataas ka kaysa sa lahat ng iba, na hindi mo dapat gawin ang ganito o ganyang bagay, na ang paggawa ng gayong mga bagay ay mas mababa sa iyong katayuan at reputasyon, hindi ba’t naging mas malala ang mga bagay-bagay? (Naging mas malala.) Mararamdam mo na, “Sa katayuang tulad sa akin, hindi ko basta-bastang masasabi ang lahat sa iba!” “Sa katayuang tulad sa akin, hindi ko masasabi sa iba na ako ay mapaghimagsik!” “Sa katayuang tulad sa akin, hindi ko masasabi sa iba ang mga nakakababang bagay tulad ng aking mga kahinaan, depekto, kapintasan, at kakulangan sa edukasyon—hindi ko talaga maaaring ipaalam sa sinuman ang tungkol sa mga bagay na iyon!” Nakapapagod iyon, hindi ba? (Nakapapagod iyon.) Kung nabuhay ka sa gayong nakapapagod na paraan, magagawa mo ba nang maayos ang iyong tungkulin? (Hindi.) Saan nanggagaling ang problema? Nanggagaling ito sa iyong mga pananaw sa iyong tungkulin at katayuan. Gaano ka man kataas na “opisyal,” anuman ang posisyon na hawak mo, gaano man karami ang taong pinamamahalaan mo, sa totoo lang, ito ay walang iba kundi ibang tungkulin. Wala kang pinagkaiba sa iba. Hindi mo ito nakikita sa kung ano ito, dahil palagi mong nararamdaman sa iyong puso na, “Hindi ito ibang tungkulin—ito talaga ay isang pagkakaiba sa katayuan. Kailangan kong maging higit sa iba; paano ako makikipagtulungan sa iba? Maaari din namang sila ang makipagtulungan sa akin—hindi ko kayang makipagtulungan sa kanila!” Kung ganyan ka palaging mag-isip, palaging ninanais na maging angat sa iba, palaging gustong umapak sa mga balik at ng iba, nakatataas sa kanila at minamaliit sila, hindi magiging madali para sa iyo na makipagtulungan sa mga tao. Palagi mong iisipin na, “Ano ang alam ng taong iyon? Kung alam niya ang mga bagay-bagay, siya dapat ang piniling lider ng mga kapatid. Kaya, bakit ako ang pinili nila? Dahil mas magaling ako sa kanya. Kaya, hindi ako dapat makipagtalakayan ng mga bagay-bagay sa kanya. Kung ginawa ko ito, mangangahulugan ito na hindi ako mahusay. Para patunayang mahusay

ako, hindi ko maaaring talakayin ang mga bagay-bagay kaninuman. Walang sinuman ang karapat-dapat na makipagtalakayan ng gawain sa akin—wala talagang sinuman!” Ganito mag-isip ang mga anticristo.

Sa kalakhang Tsina, sinusupil ng Partido Komunista ang relihiyosong paniniwala. Kakila-kilabot na kapaligiran ito. Ang mga mananampalataya ng Diyos ay nahaharap sa panganib ng pagkaaresto anumang oras, kaya hindi masyadong madalas na nagtitipon-tipon ang mga lider at manggagawa. Kung minsan, ni hindi sila makapagdaos ng mga pagpupulong ng katrabaho minsan sa isang buwan; naghihintay sila hanggang sa payagan ng mga kondisyon na magtipon-tipon, o hanggang sa makahanap sila ng angkop na lugar. Paano isinasagawa ang gawain, kung gayon? Kapag may mga pagsasaayos ng gawain, dapat may mahanap na isang tao na maghahatid sa mga ito. Minsan, nakahanap kami ng isang kalapit na kapatid na lalaki para maghatid ng mga pagsasaayos ng gawain sa isang rehiyonal na lider. Ang kapatid na ito ay isang ordinaryong mananampalataya, at nang inihatid niya ang mga pagsasaayos ng gawain, binasa ito ng lider na panrehiyon at sinabi na, “Hay naku. Ito ang inaasahan ko.” Ano ang ipinagmamalaki niya sa harap ng kapatid na iyon? Ipinangangalandakan niya ang kanyang kapangyarihan, para sabihin ng sinumang tumitingin na, “Aba, napakarangal niyan. Anong estilo!” At wala iyon—pagkatapos na pagkatapos, sinabi niya na, “Ito ang taong ipinapadala nila para maghatid ng mga pagsasaayos ng gawain sa akin? Hindi ganoon kataas ang kanyang ranggo!” Nangangahulugan ito na: “Isa akong lider na panrehiyon, isang importanteng lider. Bakit ipinapadala ang isang ordinaryong mananampalataya para maghatid ng mga bagay sa akin? Hindi ba’t paglampas sa antas ito? Mababa talaga ang tingin ng ang itaas sa akin. Isa akong lider na panrehiyon, kaya dapat ay nagpadala man lang sila ng isang lider ng distrito para maghatid nito, subalit kumuha sila ng isang pinakamababa at ordinaryong mananampalataya para gawin ito—hindi ganoon kataas ang kanyang ranggo!” Anong uri ng tao ang lider na ito! Gaano niya pinahahalagahan ang kanyang katayuan, para sabihing hindi ganoon kataas ang ranggo ng tagapaghatid? Itinuturing niya ang kanyang titulo bilang isang dahilan para igiit ang kanyang awtoridad. Hindi ba’t isa siyang malademonyong bagay? (Malademonyo siya.) Oo nga, malademonyong bagay siya. Sa gawain ng iglesia, mapili ba tayo kung sino ang ipinapadala para maghatid ng mga bagay o para magbigay ng mga pabatid? Sa isang kapaligirang tulad ng kalakhang Tsina, nahaharap ang mga kapatid sa gayong napakalaking panganib habang naghahatid ng mga ipinapadala, subalit pagdating ng kapatid na ito na may mga pagsasaayos ng gawain, sinabihan siya ng lider na hindi ganoon kataas ang kanyang ranggo, ipinahihiwatig na kailangang makakita ng isang taong may sapat na taas ng ranggo, isang taong katugma ng lider pagdating sa reputasyon at katayuan, at ang hindi paggawa niyon ay pangmamaliit sa lider—hindi ba’t iyon ang disposisyon ng isang anticristo? (Oo.) Disposisyon ito ng isang anticristo. Ang malademonyong taong ito ay hindi kayang gumawa ng anumang aktuwal na gawain, at wala siyang mga kasanayan, subalit may gayon pa rin siyang mga hinihingi—binibigyang-diin pa rin niya ang

katayuan. Ano ang kanyang palaging sinasabi? “Hindi ganoon kataas ang kanyang ranggo.” Kung sinuman ang nakikipag-usap sa kanya, tinatanong niya muna, “Anong antas ng lider ka? Ang lider ng isang maliit na grupo? Umalis ka—hindi ganoon kataas ang iyong ranggo!” Kung ang Itaas na Brother ang magdaraos ng isang pagtitipon, palagi siyang nangunguna, sinasabing, “Ang kapatid na ito ang pinakadakila sa mga lider ng iglesia, at ako ang kasunod niya. Kahit saan siya maupo, tumatabi ako sa kanya, ayon sa ranggo.” Ganoon ito kalinaw sa isipan niya. Hindi ba’t walang-kahihiyan ito? (Oo.) Napakawalang-hiya nito—wala siyang kamalayan sa sarili! Gaano siya kawalang-hiya? Sapat para kasuklaman ng mga tao. Kahit may titulo siyang lider, ano ang kaya niyang gawin? Gaano kahusay niya itong ginagawa? Kailangang magkaroon siya ng ilang resulta na maipapakita bago niya ipagmalaki ang kanyang mga kalipikasyon—magiging angkop iyon; magiging lohikal iyon. Gayumpaman, pinag-iiba-iba niya ang mga tao ayon sa ranggo nang walang nakakamit na anumang resulta, nang walang nagagawang anumang gawain! At ano ang ranggo niya kung gayon? Bilang lider na panrehiyon, wala siyang nagawang masyadong aktuwal na gawain—hindi siya nakatutugon sa ranggong ito. Kung pag-iiba-ibahin Ko ang mga tao ayon sa ranggo, mayroon bang sinumang makalalapit sa Akin? Wala. Nakikita ba ninyo Ako na gumagawa ng pag-iiba-iba batay sa ranggo kapag nakikipag-ugnayan Ako sa mga tao? Hindi—sinuman ang nakatatagpo Ko, nakikipag-usap Ako sa kanila nang bahagya kung kaya Ko, at kung wala Akong oras, binabati Ko lang sila at iyon na iyon. Subalit hindi nag-iisip nang ganoon ang anticristong ito. Nakikita niya ang reputasyon, katayuan, at panlipunang kahalagahan bilang mas importante kaysa sa anumang bagay, bilang mas mahalaga pa nga kaysa sa sarili niyang buhay. Gumagawa ba kayo ng pag-iiba-iba batay sa ranggo kapag magkakasama kayong gumagawa ng inyong mga tungkulin? Ang ilang tao ay gumagawa ng pag-iiba-iba ayon sa ranggo sa lahat ng kanilang ginagawa; sa isang iglap, sasabihin nilang lumalampas ang ibang tao sa kanilang ranggo sa trabahong ginagawa nila at sa mga pabatid na ibinibigay nila. Ano ang ranggong ito na nilalampasan nila? Gawin mo muna nang maayos ang sarili mong tungkulin. Hindi ka makagawa ng anumang tungkulin nang maayos, o makagawa ng anumang trabaho, subalit gumagawa ka pa rin ng pag-iiba-iba batay sa ranggo—sino ang nagsabi sa iyong gawin iyan? Hindi pa oras para gumawa ng mga pag-iiba-iba batay sa ranggo. Masyadong maaga mo itong ginagawa; wala kang kamalayan sa sarili. May mga pagkakataong pumupunta tayo sa isang lugar at naghahanap ng mga tao roon para lutasin ang isang problema. Naghahanap ba tayo ng mga angkop na tao batay sa ranggo? Karaniwan ay hindi natin ito ginagawa. Kung ikaw ang namamahala sa gawain, hahanapin ka namin, at kung wala ka roon, hahanap kami ng iba. Hindi kami gumagawa ng pag-iiba-iba batay sa ranggo, o batay sa mataas o mababang katayuan. Kung may isang taong magpapasyang gumawa ng gayong mga pag-iiba-iba, wala siyang kamalayan sa sarili, at hindi niya nauunawaan ang mga prinsipyo. Kung gumagawa ka ng pag-iiba-iba batay sa katayuan, ranggo, at mga titulo sa sambahayan ng Diyos na kasingdetalyado ng ginagawa ng mga walang pananampalataya, wala ka talagang

katwiran! Hindi mo nauunawaan ang katotohanan; kulang na kulang ka. Hindi mo nauunawaan kung tungkol saan ang pananampalataya sa Diyos.

Kakatapos lang nating pag-usapan ang tungkol sa pagsasagawa ng pakikipagtulungan sa iba. Isa ba itong madaling bagay na gawin? Ang sinumang kayang maghanap sa katotohanan, na nakakaramdam ng kaunting kahihyan, at pagkatao, konsensiya, at katwiran, ay makapagsasagawa ng pakikipagtulungan sa iba. Ito iyong mga taong walang pagkatao, na palaging nagnanais na magkaroon ng monopolyo sa katayuan, na palaging iniisip ang sarili nilang dignidad, katayuan, kasikatan, at kapakinabangan, na walang kakayahang makipagtulungan sa kahit na kanino. Siyempre, isa rin ito sa mga pangunahing pagpapamalas ng mga anticristo: Hindi sila nakikipagtulungan sa sinuman, ni hindi nila kayang magkamit ng maayos na pakikipagtulungan sa sinuman. Hindi nila isinasagawa ang prinsipyong iyon. Ano ang dahilan nito? Ayaw nilang isuko ang kapangyarihan; ayaw nilang ipaalam sa iba na may mga bagay silang hindi nauunawaan, na may mga bagay na kailangan nilang ihingi ng payo. Nagpapakita sila ng ilusyon sa mga tao, pinag-iisip ang mga ito na wala silang hindi kayang gawin, wala silang hindi alam, walang bagay na ignorante sila, na nasa kanila ang lahat ng sagot, at na ang lahat ay magagawa, posible, at makakamit para sa kanila—na hindi nila kailangan ang iba, o tulong, mga paalala, o payo mula sa iba. Isang dahilan iyon. Ano ang pinakahalatang disposisyon ng mga anticristo, bukod diyan? Ibig sabihin, ano ang disposisyong makikilatis mo kapag nakikipag-ugnayan ka sa kanila, mula sa pagkarinig lamang ng isa o dalawang parirala nila? Pagiging mapagmataas. Gaano sila kamapagmataas? Mapagmataas na lampas sa katwiran—parang isang sakit sa pag-iisip. Kung sumisipsip sila ng tubig, halimbawa, at maganda silang tingnan habang ginagawa nila iyon, ipagyayabang nila iyon: “Tingnan mo, ang ganda kong tingnan kapag umiinom ako ng tubig.” Partikular na mahusay sila sa pagpapasikat ng kanilang sarili at pagpapakitang-gilas; lalo silang walang kahihyan at walang kimi. Ganyang uri ng bagay ang mga anticristo. Sa tingin nila, walang makapapantay sa kanila. Partikular silang mahusay sa pagpapakitang-gilas, at ganap na wala silang kamalayan sa sarili. Ang ilang anticristo ay partikular na pangit, pero iniisip nilang maganda ang hitsura nila, na may hugis-itlog sila na mukha, hugis-pili na mga mata, at nakaarkong kilay. Wala sila kahit nitong katiting na kamalayan sa sarili. Sa edad na 30 o 40, nataya na nang medyo tumpak ng isang karaniwang tao ang hitsura at abilidad nila. Ang mga anticristo, gayumpaman, ay walang gayong pagkamakatwiran. Ano ang problema rito? Ito ay na lumampas ang kanilang mapagmataas na disposisyon sa mga hangganan ng normal na pagkamakatwiran. Gaano sila kamapagmataas? Kahit mukha silang palaka, sasabihin nilang mukha silang sisne. Dito, may kawalan ng kakayahang kilalanin ang tama sa mali, at may pagbabaliktad ng mga bagay-bagay. Ang gayong lawak ng pagmamataas ay pagmamataas hanggang sa punto ng kawalang-hiyaan; hindi ito mapipigilan. Kapag nagsasalita nang maayos ang mga ordinaryong tao tungkol sa kanilang sariling hitsura, nahihirapan silang banggitin ito at nakararamdam sila ng hiya. Pagkatapos nilang magsalita, nahihiya sila buong araw, na may pamumula

sa kanilang mukha. Hindi namumula ang mga anticristo. Pupurihin nila ang kanilang sarili para sa mabubuting bagay na nagawa nila at sa mga kalakasang mayroon sila, para sa anumang mga paraan na mabuti sila at mas mahusay kaysa sa iba—dumadaloy lang ang mga salitang ito sa kanilang bibig, na parang ordinaryong pananalita. Ni hindi sila namumula! Ito ay pagmamataas na walang sukat, walang kahihyan, o walang pagkamakatwiran. Ito ang dahilan kung bakit, sa mata ng mga anticristo, ang bawat normal na tao—lalo na ang bawat taong naghahanap sa katotohanan, at nagtataglay ng konsensiya at katwiran ng normal na pagkatao, at normal na pag-iisip—ay isang walang kahusayan, walang talentong masasabi, ay mas mababa sa kanila, at walang mga kalakasan at merito nila. Patas na sabihing dahil mayabang sila at iniisip nila na walang sinuman ang makapapantay sa kanila—na dahil dito, hindi nila gustong makipagtulungan o makipagtalakayan tungkol sa mga bagay-bagay sa sinuman, sa anumang ginagawa nila. Puwedeng makinig sila sa mga sermon, magbasa ng mga salita ng Diyos, makita ang paglalantad ng Kanyang mga salita, o mapungusan kung minsan, pero sa anumang kaso, hindi sila aamin sa pagbubunyag nila ng katiwalian at sa pagsalangsang nila, lalong hindi sa pagiging mapagmataas at mapagmagaling. Hindi nila nagagawang maunawaan na isa lang silang ordinaryong tao, na may ordinaryong kakayahan. Hindi nila kayang maunawaan ang gayong mga bagay. Paano mo man sila pungusan, iisipin pa rin nilang may mahusay silang kakayahan, na mas mataas sila kaysa sa mga ordinaryong tao. Hindi ba’t wala na itong pag-asa? (Wala na.) Wala na itong pag-asa. Iyan ay isang anticristo. Gaano pa man sila pungusan, hindi nila kayang magpakumbaba at amining hindi sila magaling, na wala silang kakayahan. Sa tingin nila, ang pag-amin sa kanilang mga problema, kamalian, o katiwalian ay pareho ng pagiging kinondena, o ng pagkawasak. Ganito sila mag-isip. Iniisip nilang sa sandaling makita ng iba ang kanilang mga pagkakamali, o sa sandaling aminin nila na mababa ang kanilang kakayahan at wala silang espirituwal na pang-unawa, mawawalan sila ng lakas sa kanilang pananampalataya sa Diyos at makikitang wala itong kabuluhan, dahil hindi na magagarantiyahan ang kanilang katayuan—nawala na ang kanilang katayuan. Iniisip nila na, “May silbi ba ang mabuhay nang walang katayuan? Mas mabuti pang mamatay!” At kung sila ay may katayuan, hindi sila mapipigilan sa kanilang pagmamataas, nag-aamok sa paggawa ng di-mabubuting bagay; at kung maharap sila sa malaking balakid at napungusan, gugustuhin nilang talikuran ang kanilang gawain, at magiging negatibo at magtatamad-tamara sila. Gusto mo silang kumilos ayon sa mga katotohanang prinsipyo? Huwag mo na itong isipin. Ano ang pinaniniwalaan nila? “Ano kaya kung bigyan mo ako ng posisyon at hayaan mo akong kumilos sa sarili ko? Gusto mo akong makipagtulungan sa iba? Imposible iyan! Huwag mo akong hanapan ng katuwang—hindi ko kailangan ng isa; walang karapat-dapat na maging katuwang ko. O, huwag mo na lang akong gamitin—ipagawa mo na lang ito sa iba!” Anong klaseng nilalang ito? “Isa lang ang lalaking maaaring manguna”—ito ang kaisipan ng mga anticristo, at ito ang kanilang mga pagpapamalas. Hindi ba’t wala na itong pag-asa? (Wala na itong pag-asa.)

Sa unang aytem, na nagsasabing hindi nagagawa ng mga anticristo na makipagtulungan sa kahit na kanino, ano ang ibig sabihin ng “hindi nagagawa” na iyon? Na hindi sila nakikipagtulungan sa sinuman, at na hindi nila kayang makamit ang pakikipagtulungan sa iba—hindi ba’t ang mga ito ay dalawang uri nito? Ang dalawang kahulugang ito ay kasama rito, ayon sa itinakda ng diwa ng mga anticristo. Kahit na puwedeng makipagtulungan sa kanila ang mga tao, ang diwa nito ay hindi tunay na pakikipagtulungan—mga alipores lang sila, taga-oo lang, sumusunod lang sa mga utos, at nag-aasikaso ng mga usapin para sa kanila. Malayo ito sa tunay na pakikipagtulungan. Paano bibigyang-depinisyon ang “pakikipagtulungan” kung gayon? Ang katunayan ay na ang pangwakas na layunin ng pakikipagtulungan ay ang pagkamit ng pagkaunawa sa mga katotohanang prinsipyo, pagkilos nang ayon sa mga ito, paglutas sa bawat problema, paggawa ng mga tamang desisyon—mga desisyon na umaayon sa mga prinsipyo, nang walang paglihis, at pagbabawas ng mga pagkakamali sa gawain, para ang lahat ng ginagawa mo ay ang paggampan ng iyong tungkulin, hindi paggawa nang ayon sa gusto mo, at hindi pagkilos nang padalos-dalos. Ang unang pagpapamalas ng mga anticristo na panghihimok sa iba na sa kanila lang magpasakop, hindi sa katotohanan o sa Diyos, ay na wala silang kakayahang makipagtulungan sa kahit na kanino. Maaaring sabihin ng ilan na, “Ang kawalan ng kakayahang makipagtulungan sa kahit na kanino ay hindi katulad ng panghihimok sa iba na sa kanila lang magpasakop.” Ang hindi magawang makipagtulungan sa sinuman ay nangangahulugang hindi nila pinakikinggan ang mga salita ng sinuman o hinihingi ang mga mungkahi ng sinuman—ni hindi rin nila hinahanap ang mga layunin ng Diyos o ang mga katotohanang prinsipyo. Kumikilos at umaasal lamang sila ayon sa kanilang sariling kalooban. Ano ang ipinahihiwatig nito? Sila ang naghahari sa kanilang gawain, hindi ang katotohanan, hindi ang Diyos. Kaya, ang prinsipyo ng kanilang gawain ay ang himukin ang iba na makinig sa sinasabi nila, at ituring ang mga ito na parang ang katotohanan, na parang sila ang Diyos. Hindi ba’t iyon ang kalikasan nito? Maaaring sabihin ng ilan na, “Kung wala silang kakayahang makipagtulungan sa kahit na kanino, marahil ito ay dahil nauunawaan nila ang katotohanan at hindi nila kailangang makipagtulungan.” Iyon ba ang nangyayari? Habang mas nauunawaan ng isang tao ang katotohanan at isinasagawa ito, mas marami siyang napagtatanungan at nasasangguni kapag kumikilos siya. Mas nakikipagtalakayan at nakikipagbahaginan siya ng mga bagay-bagay sa mga tao, sa pagsisikap na mabawasan ang pinsala at ang posibilidad ng mga pagkakamali. Habang mas nauunawaan ng isang tao ang katotohanan, mas marami siyang dahilan, at mas handa at mas magagawa niyang makipagtulungan sa iba. Hindi ba’t ganoon iyon? At kapag mas ayaw o mas hindi kaya ng isang taong makipagtulungan sa iba, hindi nagbibigay-pansin sa iba, hindi isinasaalang-alang ang mga mungkahi ng iba, at hindi isinasaalang-alang ang mga interes ng sambahayan ng Diyos at ayaw hanapin kung ang kanyang mga kilos ba ay naaayon sa mga katotohanang prinsipyo kapag ginagawa niya ang mga bagay-bagay—kapag mas hindi niya hinahanap ang katotohanan, mas hindi niya ito

maunawaan. Ano ang maling akala nila? “Pinili ako ng mga kapatid na maging lider nila; binigyan ako ng diyos ng tsansang ito na maging isang lider. Kaya, lahat ng ginagawa ko ay naaayon sa katotohanan—kahit ano ang gawin ko, tama ito.” Hindi ba’t isa itong maling pagkaunawa? Bakit sila magkakaroon ng gayong maling pagkaunawa? Isang bagay ang sigurado: Ang gayong mga tao ay hindi nagmamahal sa katotohanan. At isang bagay pa: Hindi talaga nauunawaan ng gayong mga tao ang katotohanan. Wala itong kaduda-duda.

Walang kakayahan ang mga anticristo na makipagtulungan sa kahit na kanino. Isa itong seryosong problema. Anuman ang tungkulin na ginagawa ng isang anticristo, kanino man siya nakikipagtulungan, palaging magkakaroon ng mga alitan at pagtatalo. Maaaring sabihin ng ilan na, “Kung sila ang namamahala sa paglilinis at nag-aayos sila sa loob araw-araw, bakit hindi sila nakikipagtulungan sa iba?” May disposisyonal na problema rito: Kung kanino man sila nakikisalamuha o kasamang gumagawa ng trabaho, palagi nila silang kinukutya, palaging gustong pangaralan sila, na ipagawa sa kanila ang sinasabi nila. Masasabi ba ninyong kayang makipagtulungan ng gayong tao sa iba? Wala silang kakayahang makipagtulungan sa kahit na kanino; ito ay dahil masyadong malala ang kanilang tiwaling disposisyon. Hindi lamang sila walang kakayahang makipagtulungan sa iba, palagi rin nilang pinangangaralan at pinipigilan ang iba mula sa itaas—ninana is nilang palaging mangibabaw sa mga tao at pilitin ang pagsunod ng mga ito. Ito ay hindi lamang isang problema sa disposisyon—isa rin itong seryosong problema sa kanilang pagkatao. Wala silang konsensiya o katwiran. Ganito ang masasamang tao. Wala silang kakayahang makipagtulungan sa kahit na kanino; hindi nila kayang makisama sa kahit kanino. Ano ang mga bagay na pinagsasaluhan sa pagkatao sa pagitan ng mga tao? Alin sa mga bagay na iyon ang magkakatugma? Ang konsensiya at katwiran, at ang kanilang saloobin sa pagmamahal sa katotohanan—pinagsasaluhan ang mga ito. Kung nagtataglay ang parehong partido ng gayong normal na pagkatao, magkakasundo sila; kung hindi, hindi nila ito magagawa; at kung ang isa ay nagtataglay nito at ang isa ay hindi, hindi rin nila ito magagawa. Hindi magkakasundo ang mabubuting tao at masasamang tao—hindi magkakasundo ang mababait na tao at masasamang tao. May ilang kondisyong dapat matugunan para magkasundo ang mga tao nang normal: Bago nila magawang makipagtulungan sa isa’t isa, dapat muna silang magkaroon kahit papaano ng konsensiya at katwiran, at maging matiyaga at mapagpaubaya. Kailangang maging kaisa sa isipan ang mga tao para magawa nilang makipagtulungan sa paggawa ng isang tungkulin; dapat nilang gamitin ang mga kalakasan ng iba at punan ang sarili nilang mga kahinaan, at maging matiyaga at mapagpaubaya sila, at magkaroon ng batayang pamantayan sa kanilang sariling asal. Ganyan makakapagkasundo-sundo nang matiwasay, at kahit na maaaring may mga alitan at pagtatalo paminsan-minsan, puwedeng magpatuloy ang pakikipagtulungan, at kahit papaano ay walang uusbong na awayan. Kung ang isang tao ay walang gayong batayang pamantayan, at hindi ginagabayan ng konsensiya o hindi makatwiran, at gumagawa ng mga bagay sa paraang

nakatuon sa pakinabang, tanging pakinabang ang hinahanap, ninanais palaging makinabang sa kapinsalaan ng iba, magiging imposible ang pakikipagtulungan. Ganito ang nangyayari sa hanay ng masasamang tao, at sa mga diyablong hari, na nakikipaglaban sa isa't isa, nang walang tigil. Ang iba't ibang masamang espiritu ng espirituwal na mundo ay hindi nagkakasundo sa isa't isa. Kahit na minsan ay maaaring bumuo ng asosasyon ang mga demonyo, tungkol ito sa pagsasamantala sa isa't isa para makamit ang sarili nilang mga layunin. Pansamantala ang asosasyon nila, at hindi nagtatagal, sila ay kusang nabubuwag. Pareho ito sa hanay ng mga tao. Ang mga taong walang pagkatao ay masasamang mansanas na sumisira sa grupo; ang mga may normal na pagkatao lang ang madaling makipagtulungan, matiyaga at mapagpaubaya sa iba, nagagawang makinig sa opinyon ng iba, at nagagawang isantabi ang kanilang katayuan sa gawaing ginagawa nila, para gawin ito sa pakikipagtalakayan sa iba. Sila rin ay may mga tiwaling disposisyon, at palagi nilang ninanais na pakinggan sila ng iba—sila rin ay may ganoong intensyon—pero dahil may konsensiya at katwiran sila, at kaya nilang maghanap sa katotohanan, at kilalanin ang kanilang sarili, at nararamdamang ang paggawa nito ay hindi nararapat, kaya naman nakararamdam sila ng panunumbat sa sarili, at nagagawa nilang pigilan ang sarili nila, ang kanilang mga paraan at pamamaraan ng paggawa ng mga bagay-bagay ay magbabago, unti-unti. At sa gayon, magagawa nilang makipagtulungan sa iba. Nagbubunyag sila ng isang tiwaling disposisyon, pero hindi sila masasamang tao, at wala silang diwa ng mga anticristo. Hindi sila magkakaroon ng anumang malalaking problema sa pakikipagtulungan sa iba. Kung masasamang tao o mga anticristo sila, hindi nila magagawang makipagtulungan sa iba. Ganito ang lahat ng masasamang tao at mga anticristo na pinaalis ng sambahayan ng Diyos. Wala silang kakayahang makipagtulungan sa kahit na kanino, at lahat sila ay nabubunyag at natitiwalag bilang resulta. Gayumpaman, maraming tao na may disposisyon ng mga anticristo, na tumatahak sa landas ng mga anticristo, na, pagkatapos dumaan sa maraming pagpupungos, kayang tumanggap sa katotohanan, at kayang tunay na magsisi, at kayang maging matiyaga at mapagpaubaya sa iba. Ang gayong mga tao ay may kapabilidad na unti-unting maayos na makipagtulungan sa iba. Ang mga anticristo lamang ang hindi nagagawang makipagtulungan sa sinuman. Gaano man karaming tiwaling disposisyon ang ibinubunyag nila, hindi nila hahanapin ang katotohanan para lutasin ito, pero mananatili silang matiyaga sa sarili nilang paraan, walang prinsipyo at walang pagpipigil. Hindi lamang sa hindi nila kayang makipagtulungan nang maayos sa iba—kung nakikita nilang may nakakikilatis sa kanila at hindi nasisiyahan sa kanila, maglalayon silang pahirapan ang taong iyon, at gagamit ng isang saloobin ng pagbubukod at pagiging mapanlaban sa kanya. Mananatili silang mapanlaban sa kanya, kahit na magdulot pa ito ng panghihimasok sa gawain ng iglesia. Ito ay tinutukoy ng likas na diwa ng mga anticristo.

Ano ang mga aral na dapat ninyong matutunan sa pagsasanay para makipagtulungan nang matiwasay? Ang matutong makipagtulungan ay isang aspekto ng pagsasagawa ng pagmamahal sa katotohanan, at isang tanda rin nito. Ito ay isang pangunahing paraan kung

saan naipamamalas ang pagkakaroon ng isang tao ng konsensiya at katwiran. Puwede mong sabihing mayroon kang konsensiya, dignidad, at pagkamakatwiran, pero kung hindi mo kayang makipagtulungan sa sinuman, at hindi kayang makisama sa iyong pamilya, sa mga tagalabas, o sa mga kaibigan, at gumuguho ang iyong mga pakikipag-ugnayan, at may walang-katapusang pagtatalo sa mga gawaing pinagsasaluhan mo, kaya nagkakaroon ka ng mga kaaway—kung hindi mo kailanman magagawang makipagkasundo sa sinuman, nasa panganib ka. Kung ang gayong pag-uugali ay kabilang sa mga pag-uugali ng lahat ng iyong tiwaling disposisyon, o isa sa lahat ng pag-uugali mo na hindi umaayon sa katotohanan, at hindi hihigit sa isang pag-uugali, isang pag-uugaling alam mo, at na tungkol dito ay palagi kang naghahanap at nagbabago, mayroon ka pa ring tsansa. May puwang pa rin para sa kaligtasan; hindi ito isang malaking problema. Pero kung likas kang isang taong tulad nito, likas na hindi nakakasundo ng sinuman, at walang silbi ang anumang usapan tungkol dito—hindi mo talaga ito napipigilan—iyon ay isang seryosong problema. Kung hindi mo ito itinuturing bilang isang bagay na dapat pansinin, paano man ibinabahagi ang katotohanan sa iyo, pero pakiramdam mo na ang problema ay hindi isang malaking bagay, na ito ay iyong normal na buhay, ang pangunahing paraan kung saan naipamamalas ang iyong tiwaling disposisyon, ang sa iyo ay ang diwa ng isang anticristo. At kung iyon ang diwa mo, iyon ay ibang usapin kaysa sa kung tatahakin mo ba ang landas ng mga anticristo. Ang ilang tao ay tumatahak sa landas ng mga anticristo, at ang ilan ay mga anticristo mismo. Wala bang pagkakaiba roon? (Mayroon.) Ang mga tumatahak sa landas ng mga anticristo ay nagpapakita ng mga pag-uugali ng mga anticristo sa kanilang mga pagkilos; magbubunyag sila ng disposisyon ng isang anticristo nang medyo mas kapansin-pansin at mas halata kaysa sa karaniwang tao, pero nagagawa pa rin nila ang gawaing naaayon sa katotohanan, may pagkatao, at may pagkamakatwiran. Kung ang isang tao ay hindi talagang nakagagawa ng anumang positibong gawain, at sa halip ang ginagawa niya ay pawang mga pag-uugaling ito ng mga anticristo, ang mga pagbubunyag na ito ng diwa ng isang anticristo—kung ang lahat ng gawaing ginagawa niya at mga tungkuling ginagampanan niya ay gayong mga pagbubunyag, nang walang anumang bagay na naaayon sa katotohanan—sa gayong kaso, siya ay isang anticristo.

Noon, madalas na magbunyag ang ilang lider at manggagawa ng mga disposisyon ng isang anticristo: Sila ay walang pakundangan at arbitrario, at laging ang gusto lang nila ang nasusunod. Ngunit hindi sila gumawa ng anuman na halatang masama at hindi malubha ang kanilang pagkatao. Sa pamamagitan ng pagpupungos, sa pamamagitan ng pagtulong sa kanila ng mga kapatid, sa pamamagitan ng pagbabago sa pagkakatalaga ng kanilang tungkulin o pagkakatanggal, sa pamamagitan ng pagiging negatibo nang ilang panahon, sa wakas ay nalaman nila na ang ipinakita nila dati ay mga tiwaling disposisyon, naging handa silang magsisi, at iniisip nila na, “Ang pinakamahalaga ay ang magpursige sa paggawa ng aking tungkulin, anuman ang mangyari. Bagama’t tumatahak ako sa landas ng isang anticristo, hindi ako nailarawan bilang gayon. Ito ang habag ng Diyos,

kaya kailangan kong magsikap sa aking pananampalataya at paghahangad. Walang mali sa landas ng paghahangad sa katotohanan.” Unti-unti, ibinabaling nila ang kanilang mga sarili, at sila ay nagsisisi. May mga mabubuting namamalas sa kanila, nagagawa nilang hanapin ang mga katotohanang prinsipyo kapag ginagawa nila ang kanilang tungkulin, at hinahanap din nila ang mga katotohanang prinsipyo kapag nakikisalamuha sa iba. Sa bawat bagay, pumapasok sila sa isang positibong direksyon. Hindi pa ba sila nakapagbago kung gayon? Pumihit na sila mula sa pagtahak sa landas ng mga anticristo tungo sa pagtahak sa landas ng pagsasagawa at paghahangad sa katotohanan. May pag-asa at pagkakataon pa para sa kanila na mailigtas. Mailalarawan mo ba ang gayong mga tao bilang mga anticristo dahil sila ay nagpakita noon ng ilang pagpapamalas ng isang anticristo o nilakaran nila ang landas ng mga anticristo? Hindi. Mas gugustuhin pa ng mga anticristo na mamatay kaysa magsisi. Wala silang kahihiyan; bukod pa ryan, malulupit sila at buktot ang kanilang disposisyon, at tutol sila sa katotohanan sa sukdulan. Kaya ba ng isang taong tutol sa katotohanan na isagawa iyon, o magsisi? Imposible iyan. Ang ibig sabihin ng ganap silang tutol sa katotohanan ay hinding-hindi sila magsisisi. May isang bagay na tiyak tungkol sa mga taong nagagawang magsisi, at ito ay ang nakagawa sila ng mga pagkakamali subalit nagagawa nilang tanggapin ang paghatol at pagkastigo ng mga salita ng Diyos, nagagawang tanggapin ang katotohanan, at nagagawang subukan sa abot ng kanilang makakaya na gawin ang bahagi nila kapag ginagampan ang mga tungkulin nila, tinatanggap ang mga salita ng Diyos bilang personal nilang kawikaan, at ginagawa nilang realidad ng kanilang mga buhay ang mga salita ng Diyos. Tinatanggap nila ang katotohanan, at sa kaibuturan nila, hindi sila tutol dito. Hindi ba’t ito ang pagkakaiba? Ito ang pagkakaiba. Ang mga anticristo, gayumpaman, ay hindi tumitigil sa pagtangging mapungusan—hindi sila makikinig sa sinuman na ang mga salita ay naaayon sa katotohanan, at hindi sila naniniwala na ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan, ni hindi nila kinikilala na gayon ang mga ito. Ano ang kalikasan nila? Isa itong pagiging tutol sa katotohanan at pagkamuhi rito, sa matinding antas. Kapag ang sinuman ay nakikipagbahaginan tungkol sa katotohanan o nagsasalita tungkol sa patotoong batay sa karanasan, labis silang nasusuklam dito, at mapanlaban sila sa taong nakikipagbahaginan. Kung ang isang tao sa iglesia ay nagpapalaganap ng iba’t ibang kalokohan at buktot na argumento, nagsasabi ng mga katawa-tawa at kabalbalang bagay, lubos itong nagpapasaya sa kanila; agad silang sasali at lulublob sa burak kasama siya, sa malapit na pakikipagtulungan. Isang kaso ito ng pagsasama-sama ng mga ibong may magkakatulad na balahibo, ng katulad na naghahanap ng katulad. Kung maririnig nila ang mga hinirang na tao ng Diyos na nakikipagbahaginan tungkol sa katotohanan o nagsasalita tungkol sa patotoong batay sa karanasan ng kanilang pagkakilala sa sarili at taos-pusong pagsisisi, ito ay nagdudulot sa kanilang mabalisa hanggang sa pagkagalit, at humahantong sila sa pag-iisip kung paano ihihiwalay at aatakin ang taong iyon. Sa madaling salita, hindi sila magiliw sa sinumang naghahangad sa katotohanan. Gusto nilang ihiwalay ito at maging kaaway nito. Ang

sinumang bihasa sa pagpapakitang-gilas sa pamamagitan ng pangangaral ng mga salita at doktrina, gustong-gusto nila ito at lubos nilang sinasang-ayunan, na para bang nakakita sila ng isang mapagkakatiwalaan at kapwa manlalakbay. Kung sasabihin ng isang tao na, “Sinuman ang gumagawa ng pinakamaraming gawain at gumagawa ng pinakamalaking kontribusyon ay gagantimpalaan nang malaki at kokoronahan, at maghahari kasama ng diyos,” masasabik sila nang walang katapusan, sa bugso ng matinding pananabik. Mararamdaman nilang mas mataas sila sa iba, na sa wakas ay namumukod-tangi sila sa karamihan, na mayroon na ngayong puwang para sa kanila na ipakita ang kanilang sarili at ipakita ang kanilang halaga. Lubos silang masisiyahan pagkatapos. Hindi ba’t iyon ay pagiging tutol sa katotohanan? Ipagpalagay na sasabihin mo sa kanila sa pagbabahaginan na, “Hindi gusto ng Diyos ang mga taong tulad ni Pablo, at pinakanasusuklam Siya sa mga taong tumatahak sa landas ng mga anticristo, at sa mga taong buong araw na umiikot na nagsasabi ng, ‘Panginoon, Panginoon, hindi ba’t marami akong ginawa para sa Iyo?’ Nasusuklam Siya sa mga taong buong araw na humihiling sa Kanya ng gantimpala at korona.” Ang mga salitang ito ay tiyak na totoo, pero anong damdamin ang natitira sa kanila kapag naririnig nila ang gayong pagbabahaginan? Sinasabi ba nila ang amen at tinatanggap ang gayong mga salita? Ano ang una nilang reaksiyon? Pagkasuklam sa puso at hindi kagustuhang makinig—ang ibig nilang sabihin ay, “Paano ka nakakasigurado sa sinasabi mo? Ikaw ba ang may huling salita? Hindi ako naniniwala sa sinasabi mo! Gagawin ko ang gagawin ko. Magiging katulad ako ni Pablo at hihingi sa diyos ng korona. Sa ganoong paraan, pagpapalain ako, at magkakaroon ako ng magandang destinasyon!” Pinagpipilitan nilang panatilihin ang mga pananaw ni Pablo. Hindi ba’t nakikipaglaban sila sa Diyos? Hindi ba’t iyon ay halatang pagsalungat sa Diyos? Isiniwalat at hinimay ng Diyos ang diwa ni Pablo; marami Siyang sinabi tungkol dito, at ang bawat bahagi nito ay ang katotohanan—pero hindi tinatanggap ng mga anticristo na ito ang katotohanan o ang katunayan na ang lahat ng mga kilos at pag-uugali ni Pablo ay salungat sa Diyos. Sa isipan nila, kinukuwestiyon pa rin nila: “Kung may sinasabi kang isang bagay, ibig sabihin ba nito ay tama ito? Ano ang batayan? Para sa akin, mukhang tama ang sinabi at ginawa ni Pablo. Walang mali rito. Naghangad ako ng korona at gantimpala—iyon ang kaya ko! Mapipigilan mo ba ako? Ipagpapatuloy ko ang paggawa ng gawain; kapag marami na akong nagawa, magkakaroon ako ng kapital—makakapagbigay na ako ng kontribusyon, at sa gayon, makapasok ako sa kaharian ng langit at magagantimpalaan. Walang mali roon!” Ganoon katigas ang ulo nila. Hindi nila tinatanggap ang katotohanan kahit kaunti. Puwede kang makipagbahaginan ng katotohanan sa kanila, pero hindi nila ito tatanggapin; tutol sila rito. Iyan ang saloobin ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos, sa katotohanan, at ito rin ang kanilang saloobin sa Diyos. Kaya, ano ang pakiramdam ninyo kapag naririnig ninyo ang katotohanan? Pakiramdam ninyo ay hindi ninyo hinahangad ang katotohanan, at hindi ninyo ito nauunawaan. Pakiramdam ninyo ay napakalayo pa ninyo rito, at kailangan ninyong magsikap tungo sa katotohanang realidad. At sa tuwing inihahambing ninyo ang inyong sarili sa mga salita ng Diyos, doon ninyo nararamdamang masyado

kayong nagkukulang, at may mababang kakayahan, at kulang sa espirituwal na pang-unawa—na pabasta-basta pa rin kayo, at na mayroon pa ring kabuktutan sa inyo. At pagkatapos, nagiging negatibo kayo. Hindi ba't iyan ang inyong kalagayan? Ang mga anticristo, sa kabilang banda, ay hindi kailanman negatibo. Palagi silang napakasigasig, hindi kailanman nagninilay-nilay sa kanilang sarili o nakikilala ang kanilang sarili, pero iniisip nila na wala silang malalaking problema. Ganito ang mga taong palaging mapagmataas at mapagmagaling—sa sandaling makakuha sila ng kapangyarihan, nagiging mga anticristo sila.

II. Isang Paghihimay sa Kung Paano Palaging May Pagnanais at Ambisyon ang mga Anticristo na Kontrolin at Lupigin ang mga Tao

Magpapatuloy tayo sa pamamagitan ng pagbabahaginan tungkol sa susunod na aytem: Ang mga anticristo ay palaging may ambisyon at pagnanais na kontrolin at lupigin ang mga tao. Ang problemang ito ay mas seryoso kaysa sa kawalan nila ng kakayahang makipagtulungan sa sinuman. Anong uri ng mga tao ang masasabi ninyong gustong kinokontrol at nilulupig ang iba? Anong uri ng tao ang may ambisyon at pagnanais na kontrolin at lupigin ang iba? Bibigyan Ko kayo ng isang halimbawa. Nasisiyahan ba sa pagkontrol at pagsakop sa iba ang mga taong partikular na gusto ng katayuan? Hindi ba't kauri sila ng mga anticristo? Nililihis, kinokontrol, at sinusupil nila ang ibang mga tao, na pagkatapos ay sumasamba at nakikinig sa kanila. Sa ganoon ay nakakamit nila ang pagpapahalaga at paggalang ng mga tao, at napasasamba at napatitingala ang mga ito sa kanila. Wala bang lugar para sa kanila sa puso ng mga tao kung gayon? Kung ang mga tao ay hindi nakumbinsi sa kanila at hindi sumasang-ayon sa kanila, sasambahin ba sila ng mga ito? Talagang hindi. Kaya, pagkatapos magkaroon ng katayuan ang mga taong ito, kailangan pa rin nilang kumbinsihin ang iba, para lubos na makuha ang mga ito, at mapahanga sa kanila ang mga ito. Saka lamang sila sasambahin ng mga tao. Isa iyong uri ng tao. May isa pa—ang mga partikular na mapagmataas. Tinatrato nila ang mga tao sa parehong paraan: Nagsisimula sila sa pamamagitan ng pagsupil sa mga tao, pinasasamba at pinahahanga sa kanila ang lahat. Saka lang sila nasisiyahan. Gusto rin ng mga napakalupit na taong ito na kontrolin ang iba, pinakikinig ang mga tao sa kanila, pinaikot ang mundo ng mga ito sa kanila, at pinagagawa ng mga bagay para sa kanila. Pagdating sa parehong napakamapagmataas na mga tao at mga taong may mga malupit na disposisyon, kapag nakuha na nila ang kapangyarihan, nagiging mga anticristo sila. Ang mga anticristo ay palaging may ambisyon at pagnanais na kontrolin at lupigin ang iba; sa kanilang mga pakikipagtagpo sa mga tao, palagi nilang ninanais na tiyakin kung paano sila nakikita ng iba, at kung may lugar para sa kanila sa puso ng iba, at kung hinahangaan at sinasamba sila ng iba. Kung nakakatagpo sila ng isang taong magaling sa paninipsip, pambobola at panlalangis, sobra silang natutuwa; pagkatapos ay nagsisimula silang magmataas, nangangaral sa mga tao at sumasatsat tungkol sa magagarbong ideya, ikinikintal sa isip

ng mga tao ang mga regulasyon, pamamaraan, doktrina, at kuru-kuro. Pinatatanggap nila sa mga tao ang mga bagay na ito bilang ang katotohanan, at pinagmumukha pang maganda ang mga ito: “Kung matatanggap mo ang mga bagay na ito, isa kang taong nagmamahal at naghahangad sa katotohanan.” Iisipin ng mga taong hindi marunong kumilatis na makatwiran ang mga sinasabi ng mga anticristo, at kahit na hindi ito malinaw sa kanila, at hindi nila alam kung naaayon ba ito sa katotohanan, pakiramdam lang nila na walang mali sa sinasabi ng mga iyon, at na hindi ito lumalabag sa katotohanan. Kung kaya, sinusunod nila ang mga anticristo. Kung makikilatis ng isang tao ang isang anticristo at mailalantad niya iyon, gagalitin nito ang anticristo, na basta na lang ibubunton sa kanya ang sisi, hahatulan siya, at pagbabantaan siya, nang may pagpapakita ng puwersa. Ang mga walang pagkilatis ay lubusang nasusupil ng anticristo at hinahangaan nila ito mula sa kaibuturan ng kanilang puso, na nagdudulot sa pagsamba nila sa anticristo, pagsandig sa kanya, at maging pagkatakot sa kanya. May pakiramdam sila na inaaliplan sila ng anticristo, na para bang hindi mapapalagay ang puso nila kung mawawala sa kanila ang pamumuno, mga pangaral, at mga paninisi ng anticristo. Kung wala ang mga bagay na ito, para bang wala silang pakiramdam ng seguridad, at baka hindi na sila gustuhin ng Diyos. Pagkatapos, natutunan ng lahat na panoorin ang ekspresyon ng anticristo kapag kumikilos sila, sa takot na hindi magiging maligaya ang anticristo. Sinusubukan ng lahat na pasayahin siya; ang gayong mga tao ay determinadong sumunod sa anticristo. Sa kanilang gawain, nangangaral ang mga anticristo ng mga salita at doktrina. Mahusay silang magturo sa mga tao na sumunod sa ilang partikular na regulasyon; hindi nila kailanman sinasabi sa mga tao kung ano ang mga katotohanang prinsipyo na dapat nilang sundin, kung bakit dapat silang kumilos nang ganito, kung ano ang mga layunin ng Diyos, kung anong mga pagsasaayos ang ginawa ng sambahayan ng Diyos para sa gawain, kung ano ang pinakamakabuluhan at pinakamahalagang gawain, o kung ano ang pangunahing gawain na dapat gawin. Walang sinasabing anuman ang mga anticristo tungkol sa mga bagay na ito na pinakamahalaga. Hindi sila kailanman nakikipagbahaginan sa katotohanan kapag gumagawa at nagsasaayos ng gawain. Sila mismo ay hindi nakakaunawa sa mga katotohanang prinsipyo, kaya ang magagawa lang nila ay turuan ang mga tao na sumunod sa ilang regulasyon at doktrina—at kung ang mga tao ay kokontra sa kanilang mga kasabihan at regulasyon, haharapin nila ang pagsaway at pagbatikos ng mga anticristo. Madalas na gumagawa ang mga anticristo sa ilalim ng pangalan ng sambahayan ng Diyos, binabatikos ang iba at pinangangaralan sila mula sa isang mataas na posisyon. Masyado pa ngang nalilito ang ilang tao sa pangangaral ng mga anticristo na pakiramdam nila ay may utang na loob sila sa Diyos sa hindi nila pagkilos nang naaayon sa mga hinihingi ng mga anticristo. Hindi ba’t napasailalim na sa kontrol ng mga anticristo ang gayong mga tao? (Napasailalim na sila.) Anong uri ng pag-uugali ito, sa bahagi ng mga anticristo? Pag-uugali ito ng pang-aalipin. Ang “pang-aalipin” ay tinatawag na “brainwashing” sa mga salita ng bansa ng malaking pulang dragon. Katulad na lang ito kapag hinuhuli ng malaking

pulang dragon ang mga mananampalataya sa Diyos. Bukod sa pagpapahirap sa kanila, gumagamit pa ito ng ibang pamamaraan: brainwashing. Mga magsasaka, o manggagawa, o intelektuwal man sila, ginagamit ng malaking pulang dragon ang marami nitong maling pananampalataya at panlilinlang—ateismo, ebolusyon, at Marxismo-Leninismo—para i-brainwash ang mga tao; puwersahan nitong ikinikintal ang mga bagay na ito sa mga tao, gaano man kakasuklam-suklam o kanakapandidiri ang tingin ng mga taong iyon sa mga ito, pagkatapos ay ginagamit ang mga ideya at teoryang ito para igapos ang mga paa’t kamay ng mga tao at kontrolin ang kanilang puso. Ganito pinipigilan ng malaking pulang dragon ang mga tao na manampalataya sa Diyos, mula sa pagtanggap sa katotohanan, at mula sa paghahangad sa katotohanan para mailigtas at maperpekto. Sa parehong paraan, gaano man karaming sermon ang napakikinggan ng mga taong kontrolado ng mga anticristo, hindi nila maunawaan ang katotohanan, o kung para saan talaga ang pananampalataya sa Diyos, o kung anong uri ng landas ang dapat nilang tahakin, o ang tamang pananaw na dapat nilang taglayin sa paggawa ng bawat bagay, o ang paninindigan na dapat nilang taglayin. Wala silang nauunawaan sa mga bagay na ito; ang lahat lang ng nasa puso nila ay ang mga salita at doktrina, at ang mga hungkag na teorya ng mga anticristo. At pagkatapos mailihis at kontrolin ng mga anticristo sa mahabang panahon, sila ay nagiging ganap na katulad ng mga ito: Nagiging mga tao silang nananampalataya sa Diyos, pero hindi talaga tumatanggap sa katotohanan, at tumututol at lumalaban pa nga sa Diyos. Anong uri ng mga tao ang mga naililihis at kinokontrol ng mga anticristo? Walang duda, walang sinuman sa kanila ang nagmamahal sa katotohanan—lahat sila ay mga mapagpaimbabaw, mga taong hindi naghahangad sa katotohanan sa kanilang pananampalataya sa Diyos at na hindi humaharap sa mga wastong usapin sa paggawa ng kanilang mga tungkulin. Sa kanilang pananampalataya sa Diyos, hindi sumusunod ang mga taong ito sa Diyos; sa halip ay sumusunod sila sa mga anticristo, nagiging alipin sila ng mga anticristo, at bilang resulta ay hindi nila makakamit ang katotohanan. Ang kalalabasan na ito ay hindi maiiwasan.

Ano ang prinsipyo ng Diyos sa pagtrato sa mga tao? Puwersa ba ito? Kontrol ba ito? Hindi—ito ay ang eksaktong kabaligtaran ng kontrol. Ano ang prinsipyo ng Diyos sa kung paano Niya tinatrato ang mga tao? (Binibigyan Niya sila ng malayang kalooban.) Oo, binibigyan ka Niya ng malayang kalooban. Binibigyang-kakayahan ka Niya na makaabot sa sarili mong pang-unawa sa gitna ng mga kapaligirang inihahanda Niya, para natural kang makagawa ng pang-unawa at karanasan ng tao. Binibigyang-kakayahan ka Niyang maunawaan nang natural ang isang aspekto ng katotohanan, para kapag nakatagpo kang muli ng gayong kapaligiran, alam mo kung ano ang gagawin at kung ano ang pipiliin. Binibigyang-kakayahan ka rin Niyang maunawaan kung ano ang tama at kung ano ang mali, mula sa kaibuturan ng iyong puso, para sa huli ay mapili mo ang tamang landas. Hindi ka kinokontrol ng Diyos, at hindi ka Niya pinupwersa. Ang isang anticristo, gayumpaman, ay kumikilos sa eksaktong kabaligtaran: Ibe-brainwash at tuturuan ka niya ng doktrina sa pamamagitan ng panlilihis sa iyo, pagkatapos ay gagawin ka niyang

alipin. Bakit ginagamit Ko ang salitang “alipin”? Ano ang alipin? Nangangahulugan ito na hindi mo makikilatis kung tama o mali ang anticristo, at hindi ka mangangahas na gawin ito—hindi mo malalaman kung tama siya o mali; malilito at magugulo ang iyong puso. Hindi magiging malinaw sa iyo kung ano ang tama at kung ano ang hindi; hindi mo malalaman kung ano ang dapat at hindi dapat gawin. Maghihintay ka lang na parang papet para sa mga tagubilin ng anticristo, hindi nangangahas na kumilos kung hindi ibinibigay ng anticristo ang salita, at nangangahas lamang na kumilos kapag narinig mo na ang mga utos niya. Mawawala ang iyong sariling likas na mga abilidad, at hindi gagampanan ng iyong kalayaang pumili ang papel nito. Magiging isang patay na tao ka. Magkakaroon ka ng puso, pero hindi ka makakapag-isip; magkakaroon ka ng isipan, pero hindi mo maisasaalang-alang ang mga problema—hindi mo malalaman ang tama sa mali, o kung anong mga bagay ang positibo at kung anong mga bagay ang negatibo, o kung ano ang tamang paraan ng pagkilos at kung ano ang maling paraan ng pagkilos. Nang hindi nahahalata, nakontrol ka na ng anticristo. Ano ang kokontrolin niya? Ito ba ay ang iyong puso, o ito ba ang iyong isipan? Ito ay ang iyong puso; pagkatapos ay natural na mapapasailalim sa kontrol niya ang iyong isipan. Itatali niya nang mahigpit ang iyong mga paa’t kamay, bibigkisin ang mga ito nang mahigpit at matatag, para sa bawat hakbang na iyong gagawin, malulugmok ka sa pag-aalinlangan at pagdududa, at uurong ka pagkatapos; at pagkatapos ay gugustuhin mong gumawa ng isa pang hakbang, para gumawa ng ilang pagkilos, pero uurong kang muli. Sa bawat bagay na gagawin mo, magiging maulap at hindi malinaw ang iyong paningin. Hindi ito maihihiwalay sa mga mapanlihis na pahayag ng anticristo. Ano ang pangunahing pamamaraan kung paano kinokontrol ng mga anticristo ang mga tao? Ang sinasabi lang nila ay mga bagay na naaayon sa mga kuru-kuro at imahinasyon ng mga tao, sa mga damdamin ng tao, at sa pangangatwiran ng tao. Parang may kaunti silang pagkatao kapag nagsasalita sila, pero hindi sila nagtataglay ng anumang katotohanang realidad. Sabihin mo sa Akin, magagawa ba ng mga taong kinokontrol ng mga anticristo at sumusunod sa mga ito ang mga tungkulin sa sambahayan ng Diyos nang buong puso at buong lakas nila? (Hindi.) Ano ang dahilan sa likod niyon? Hindi nila nauunawaan ang katotohanan—iyon ang pangunahing dahilan. At may isa pang dahilan: Ang mga anticristo ay nakikilahok sa mga tunggalian sa kapangyarihan; hindi nila isinasagawa ang katotohanan sa paggawa ng kanilang tungkulin, ni hindi nila ito ginagawa nang buong puso at lakas nila. Kaya bang isagawa ng kanilang mga alalay ang katotohanan, kung gayon? Anuman ang uri ng isang anticristo, ang mga alalay niyang sumusunod sa kanya ay magiging ganoon din. Nangunguna ang mga anticristo sa hindi pagsasagawa sa katotohanan, sa pagsalungat sa mga prinsipyo, sa pagtataksil sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, sa pagiging hindi makatwiran at pagkilos na parang mga diktador. Bigo kaya nitong maapektuhan ang kanilang mga alalay? Talagang walang paraan na magagawa ito. Kaya, ano ang mangyayari sa mga taong iyon na pinipigilan at kinokontrol nila? Mag-iingat sila laban sa isa’t isa, maghihinala sila sa isa’t isa at makikipag-away sa isa’t isa—makikipagkompetensiya

para sa kasikatan at pakinabang, para sa isang pagkakataong sumikat, at para sa kapital. Sa kaibuturan, ang lahat na kontrolado ng isang anticristo ay hindi nagkakasundo at hindi na nagkakaisa. Maingat at mapagbantay sila sa kanilang mga pagkilos; hindi sila bukas sa isa't isa, at wala silang mga normal na ugnayan ng tao sa isa't isa. Walang normal na pagbabahaginan sa pagitan nila, walang pagdarasal-pagbabasa, walang normal na espirituwal na buhay. Watak-watak sila, katulad lang ng mga walang pananampalatayang grupo na kay Satanas na naroroon sa labas sa mundo. Ganyan kapag ang isang anticristo ang nasa kapangyarihan. May pagiging mapagbantay sa pagitan ng mga tao, mga bukas at nakatagong pakikibaka, pananabotahe, pagseselos, panghuhusga, at pagkukumpara sa kung sino ang umaako ng mas kaunting responsabilidad: "Kung hindi ka aako ng responsabilidad, hindi ko rin gagawin iyon. Sa anong batayan na gusto mong isaalang-alang ko ang mga interes ng sambahayan ng diyos, kung ikaw mismo ay hindi nagsasaalang-alang sa mga ito? Hindi ko na lang isasaalang-alang ang mga ito, kung ganoon!" Ang ganoong lugar ba ay sambahayan ng Diyos? Hindi. Anong uri ng lugar ito? Ito ay kampo ni Satanas. Hindi naghahari ang katotohanan doon; wala itong gawain ng Banal na Espiritu, o pagpapala ng Diyos, o Kanyang pamumuno. Kung kaya, bawat isa sa mga tao roon ay parang maliliit na demonyo. Sa panlabas, magandang pakinggan ang mga salita ng papuri na sinasabi nila tungkol sa iba: "O, talagang mahal nila ang diyos; talagang naghahandog sila; talagang nagdurusa sila sa paggawa ng kanilang tungkulin!" Pero pagawain mo sila ng pagsusuri sa isang tao, at kung ano ang sasabihin nila sa iyo sa likod niya ay magiging iba sa kung ano ang sinasabi nila sa kanyang presensiya. Kung ang mga kapatid ay mapapasakamay ng isang huwad na lider, magiging watak-watak sila tulad ng isang tumpok ng buhaghag na buhangin sa paggampan ng kanilang mga tungkulin—hindi sila makakakuha ng mga resulta, at hindi sila magkakaroon ng gawain ng Banal na Espiritu, at karamihan sa kanila ay hindi maghahangad sa katotohanan. Paano kung napasailalim sila, kung gayon, sa kontrol ng isang anticristo? Hindi na matatawag ang mga tao na iyon na iglesia. Ganap silang mapapabilang sa kampo ni Satanas, at sa grupo ng anticristo.

Bakit palaging gustong kontrolin ng mga anticristo ang mga tao? Ito ay dahil hindi nila pinangangalagaan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, at wala silang pakialam sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Ang tanging pagsasaalang-alang nila ay para sa sarili nilang kapangyarihan, katayuan, at katanyagan. Naniniwala sila na hangga't may kontrol sila sa puso ng mga tao at napapasamba ang lahat sa kanila, matutupad ang kanilang ambisyon at pagnanais. Tungkol sa mga usaping may kinalaman sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, o sa gawain ng iglesia, o sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos, wala talaga silang pakialam sa mga bagay na iyon. Kahit umusbong pa ang mga problema, hindi nila nakikita ang mga ito. Hindi nila nakikita ang mga problema gaya ng kung saan hindi naaangkop ang mga pagsasaayos ng mga tauhan sa sambahayan ng Diyos; o kung saan hindi makatwirang ipinamamahagi ang mga ari-arian ng sambahayan ng Diyos, na masyadong marami sa

mga ito ang nawala, pati na rin ang kung sino ang nagwaldas nito; o kung sino ang nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan sa kanilang gawain; o kung sino ang hindi angkop na gumagamit ng mga tao; o kung sino ang pabasta-basta sa kanilang gawain—at lalong hindi nila inaasikaso ang gayong mga problema. Ano ang inaasikaso nila? Anong mga bagay ang pinakikialaman nila? (Maliliit na bagay.) Anong uri ng mga bagay ang maliliit na bagay? Magbigay ng ilang detalye. (Magtutungo ang ilang lider para lutasin ang mga usapin sa tahanan ng ilang kapatid—halimbawa, may isang tao sa kanilang pamilya ang hindi nakakasundo ang iba. Ito ay mga usapin lamang ng pang-araw-araw na buhay.) Iyan ay isang bagay na ginagawa ng mga huwad na lider. At ano ang ginagawa ng mga anticristo? (Wala silang pakialam sa buhay pagpasok ng mga kapatid, o sa mga bagay na labag sa mga katotohanang prinsipyo; pinapansin lang nila ang mga bagay na nakakaapekto sa kanilang dangal at katayuan—halimbawa, ang mga taong hindi ginagawa ang sinasabi nila, o ilang tao na ayaw sa kanila. Inaasikaso nila ang ganyang mga bagay.) Iyan ay bahagi nito. Nangyayari ang gayong mga bagay. Tinitingnan ng mga anticristo kung sino ang may hindi kanais-nais na presensiya sa kanila, kung sino ang hindi nagpapahalaga sa kanila, at kung sino ang nakakikilatis sa kanila. Nakikita nila ang mga bagay na ito at tinatandaan ang mga ito; napakahalaga ng gayong mga bagay sa kanila. Ano pa? (Kung ang taong inihalal sa ilang iglesia ay may pagkilatis sa kanila at hindi nila kaisa sa isip, maghahanap sila ng mga paraan para hanapin ang pagkakamali ng taong iyon, at papalitan siya. Gusto nilang ginagawa ang ganoong bagay.) Anuman ang mga pagkakamali o problema na mayroon ang isang taong gumagawa ng masasamang bagay, o gaano man ito nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan, hindi ito pinapansin ng isang anticristo—partikular niyang hinahanapan ng kamalian ang mga taong gumagawa ng kanilang tungkulin at ang mga naghahangad sa katotohanan, naghahanap ng mga pangangatwiran at palusot para mapalitan ang mga taong iyon. May isa pang pangunahing paraan kung saan naipamamalas ang pagkontrol ng mga anticristo sa iba: Bukod sa pagkontrol sa mga ordinaryong kapatid, sinisikap nilang kontrolin ang mga taong namamahala sa bawat aspekto ng gawain. Palagi nilang ninanais na hawakan ang lahat ng kapangyarihan sa sarili nilang kamay. Kaya, nagtatanong sila tungkol sa lahat ng bagay; binabantayan at minamatyagan nila ang lahat ng bagay, para makita kung paano ginagawa ng mga tao ang mga bagay-bagay. Hindi talaga sila nakikipagbahaginan tungkol sa mga katotohanang prinsipyo sa mga tao, o hindi nila binibigyan ang mga tao ng kalayaang kumilos. Gusto nilang gawin ng lahat ang sinasabi nila at magpasakop ang lahat sa kanila. Palagi silang natatakot na maipamamahagi ang kapangyarihan nila at makukuha ito ng ibang tao. Kapag tinatalakay ang isang isyu, gaano man karaming tao ang nakikipagbahaginan tungkol dito o kung anong mga resulta ang ibinubunga ng kanilang pagbabahaginan, tatanggihan nila ang lahat ng ito kapag nakarating ito sa kanila, at kailangang simulan muli ang talakayan. At ano ang huling resulta nito? Hindi pa tapos ang mga bagay-bagay hangga’t hindi sila pinakikinggan ng lahat, at kung hindi pa iyon nangyari, kailangan nilang magpatuloy sa

pagbabahaginan. Kung minsan ay nagpapatuloy ang pagbabahaginang ito hanggang sa hatinggabi, nang walang sinumang pinahihintulatang matulog; hindi ito natatapos hangga't hindi pinakikinggan ng iba ang sinasabi nila. Ito ay isang bagay na ginagawa ng mga anticristo. Mayroon bang mga taong naniniwala na sa paggawa nito, inaako ng isang anticristo ang responsabilidad para sa gawain? Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng pag-ako ng responsabilidad para sa gawain at ng despotismo ng mga anticristo? (Ito ay isang pagkakaiba sa layunin.) Kapag nagiging maingat at responsable ang mga tao sa gawain, ginagawa nila ito para malinaw na maibahagi ang mga katotohanang prinsipyo, para maunawaan ng lahat ang katotohanan. Sa kabilang banda, ang layon ng mga anticristo ay panatilihin ang kapangyarihan, magkamit ng kalamangan, pabulaanan ang lahat ng pananaw na naiiba sa kanilang mga opinyon at puwedeng maging sanhi ng pagkapahiya nila. Wala bang pagkakaiba ang mga layuning ito? (Mayroon.) Ano ang iba sa mga ito? Makikilatis ba ninyo iyon? Ang pagpapaunawa sa mga tao sa mga katotohanang prinsipyo sa pamamagitan ng pagbabahaginan, at pakikipagtagisan para sa pagpapahalaga—ano ang pagkakaiba ng dalawa? (Mga layunin.) Hindi lang mga layunin—siyempre magkaiba ang mga layunin. (Ang isa sa mga pamamaraang ito ay higit na magiging kapaki-pakinabang sa sambahayan ng Diyos.) Ang pagiging mas kapaki-pakinabang ng isa sa mga ito sa sambahayan ng Diyos ay isa pang pagkakaiba—kung isasaalang-alang ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Pero ano ang pangunahing pagkakaiba, ganoon pa man? Kapag tunay na nakikipagbahaginan tungkol sa katotohanan ang isang tao, malinaw ito kapag narinig mong hindi ito isang personal na pangangatwiran o pagtatanggol. Ang pinagbabahaginan lang nila ay nakaukol para maipaunawa sa lahat ang mga layunin ng Diyos; ang lahat ng ito ay patotoo sa mga layunin ng Diyos. Ginagawang malinaw ng gayong pagbabahaginan ang mga katotohanang prinsipyo, at pagkatapos marinig ito, nagkakaroon ng landas pasulong ang mga tao—alam nila kung ano ang mga prinsipyo, alam nila kung ano ang dapat nilang gawin sa hinaharap, malamang na hindi sila sasalungat sa mga prinsipyo sa paggawa ng tungkulin nila, at ang layunin ng kanilang pagsasagawa ay magiging mas tumpak. Ang ganoong pagbabahaginan ay hindi nababahiran ng kahit katiting na personal na pangangatwiran o pagtatanggol. Pero paano nangangaral ang mga taong iyon, na gustong gawing pabor sa kanila ang mga bagay-bagay at ipasailalim ang iba sa kanilang kontrol? Ano ang ipinangangaral nila? Ipinangangaral nila ang tungkol sa pagbibigay-katwiran nila sa kanilang sarili, at ang mga kaisipan, intensyon, at layon sa likod ng anumang ginawa nila, para tanggapin ito ng mga tao, paniwalaan ito, at hindi magkaroon ng maling pagkaunawa sa kanila. Ang lahat ng ito ay pagbibigay-katwiran lang sa sarili; wala talagang katotohanan dito. Kung makikinig kang mabuti, maririnig mo na walang katotohanan sa kanilang pinagbabahaginan—ang lahat ng ito ay mga kasabihan, palusot, at pangangatwiran ng tao. Iyon lang iyon. At pagkatapos nilang magsalita, nauunawaan ba ng lahat ang mga prinsipyo? Hindi—pero naunawaan nila nang husto ang mga intensyon ng tagapagsalita. Ito ang kaparaanan ng mga anticristo. Ganito nila kinokontrol ang mga tao. Sa sandaling

maramdaman nila na ang kanilang katayuan at katanyagan ay dumanas ng kawalan at naapektuhan sa loob ng grupo, agad silang tumatawag ng isang pagtitipon para subukang isalba ang mga ito, sa anumang paraang kaya nila. At paano nila isinasalba ang mga bagay na iyon? Sa pagbibigay ng mga palusot, sa pag-aalok ng mga pangangatwiran, sa pagsasabi kung ano ang iniisip nila noong panahong iyon. Ano ang layon nila sa pagsasabi ng mga bagay na ito? Para linawin ang lahat ng mga maling pagkaunawa na mayroon ang lahat tungkol sa kanila. Katulad lang ito ng malaking pulang dragon: Pagkatapos nitong pahirapan ang isang tao, pawawalang-sala at lilinis siya nito mula sa anumang kaso na ipinaratang sa kanya. Ano ang layunin ng paggawa nito? (Pagtatakip.) Pawawalang-sala at bibigyan ka ng kabayaran nito pagkatapos ka nitong gawan ng masama, para isipin mong mabuti at mapagkakatiwalaan pala talaga ang malaking pulang dragon. Sa ganitong paraan, hindi manganganib ang pamumuno nito. Ganito rin ang mga anticristo: Walang isang bagay silang sinasabi o ginagawa na hindi para sa sarili nilang kapakanan; hindi sila magsasabi ng anuman para sa kapakanan ng katotohanan, lalong hindi sila magsasabi o gagawa ng anuman para sa kapakanan ng sambahayan ng Diyos. Ang lahat ng sinasabi at ginagawa nila ay para sa kapakanan ng sarili nilang reputasyon at katayuan. Maaaring sabihin ng ilan na, “Hindi makatarungan para sa Iyo na tukuyin sila bilang mga anticristo, dahil nagpapakapagod sila nang husto, at masigasig nilang ginagawa ang trabaho nila, nagtatrabaho at nagpapakaabala para sa sambahayan ng Diyos mula buwang-liwayway hanggang dapithapon. Minsan ay nagiging masyado silang abala para kumain. Labis silang nagdusa!” At para kanino sila nagdurusa? (Sarili nila.) Para sa sarili nila. Kung wala silang katayuan, gagawin ba nila ang parehong bagay? Nagpapakaabala sila nang ganoon para sa sarili nilang reputasyon at katayuan—ginagawa nila ito para sa isang gantimpala. Kung hindi sila ginantimpalaan, o kung wala silang kasikatan, pakinabang, o katayuan, matagal na sana silang umatras. Ginagawa nila ang mga bagay na ito sa harap ng iba, at habang ginagawa nila ito, gusto nilang ipaalam sa Diyos ang tungkol sa kanila, at ipinabibigay nila sa Kanya ang nararapat nilang gantimpala, batay sa lahat ng kanilang ginawa. Ang gusto nila sa huli ay isang gantimpala; ayaw nilang makamit ang katotohanan. Dapat mong makilatis ang puntong ito. Kapag sa pakiramdam nila ay nakaipon na sila ng sapat na kapital, kapag nagkaroon na sila ng pagkakataong magsalita kasama ng iba, ano ang nilalaman ng sinasabi nila? Una, ito ay ang pagmamalaki ng mga kontribusyon nila—isang sikolohikal na pag-atake. Ano ang isang sikolohikal na pag-atake? Ito ay pagpapaalam sa lahat, sa kaibuturan ng kanilang puso, na sila ay nakagawa ng maraming mabuting bagay sa ngalan ng sambahayan ng Diyos, gumawa ng mga kontribusyon, nakipagsapalaran, nakagawa ng mapanganib na trabaho, labis na naging abala, at nagdusa nang hindi maliit na halaga—ito ay paglalalatag ng kanilang mga kredensiyal at pagsasabi ng tungkol sa kanilang kapital sa harap ng iba. Pangalawa, labis-labis at walang saysay silang nagsasalita tungkol sa ilang di-makatotohanang teorya, na sa tingin ng mga tao ay nauunawaan nila, kahit hindi naman. Tila malalim, mahiwaga, at abstrakto ang mga teoryang ito at ginagawa ng mga

itong sumamba ang mga tao sa mga anticristo. Pagkatapos, nagsasalita sila sa isang engrande at nakakalitong paraan tungkol sa mga bagay na pinaniniwalaan nilang wala pang nakakaunawa kailanman—halimbawa, teknolohiya at kalawakan, pananalapi at kontadurya, at mga usapin sa lipunan at pulitika—at maging mga bagay sa underworld at mga scam. Isinasalaysay nila ang personal na kasaysayan nila. Ano ito, kung gayon? Nagpapasikat sila. At ang layon nila sa pagpapasikat ay ang maglunsad ng isang sikolohikal na pag-atake. Sa tingin ba ninyo ay hangal sila? Kung ang mga bagay na ito na sinasabi nila ay walang epekto sa mga tao, sasabihin pa rin ba nila ito? Hindi nila ito sasabihin. May layon sila sa pagsasabi nito: Ito ay tungkol sa paglalatatag ng kanilang mga kredensiyal, pagpapakitang-gilas, at pagpapasikat ng kanilang sarili.

Bukod pa rito, anong paraan ang madalas gamitin ng mga anticristo? Saanman sila magpunta, umaasta silang ulo ng isang sambahayan—saanman sila magpunta, sinasabi nila na, “Ano ang ginagawa ninyo? Kumusta na? Mayroon bang anumang paghihirap? Bilisan ninyo at asikasuhin ang mga bagay na itinalaga sa inyo! Huwag kayong maging pabasta-basta. Ang lahat ng gawain sa sambahayan ng diyos ay mahalaga, at hindi puwedeng ipagpaliban!” Para lang silang ulo ng isang sambahayan, palaging pinangangasiwaan ang gawain ng mga tao sa kanilang sambahayan. Ano ang ibig sabihin nito, na sila ang ulo ng isang sambahayan? Nangangahulugan ito na sinuman sa kanilang sambahayan ay puwedeng magkamali, o tumahak sa maling landas, kaya kailangan nilang bantayan ang mga ito; kung hindi nila ito ginawa, walang ibang gagawa ng kanilang tungkulin—lahat sila ay matitisod sa huli. Naniniwala ang mga anticristo na ang lahat ng iba pa ay hangal, isang bata, na kung hindi nila sila binigyan ng labis na atensiyon, kung hinayaan nila silang mawala sa kanilang paningin nang isang segundo, ang ilan sa kanila ay magkakamali at tatahak sa maling landas. Anong klaseng pananaw ito? Hindi ba’t umaasta silang ulo ng isang sambahayan? (Umaasta sila.) Gumagawa ba sila ng kongkretong gawain, kung gayon? Hindi kailanman sila gumagawa niyon; isinasaayos nila na gawin ng iba ang lahat ng gawain, inuukol lamang ang sarili nila sa burukrasya at sa pagiging amo, at kapag nagawa na ng iba ang gawain, parang sila na rin mismo ang gumawa nito—ang lahat ng karangalan ay napupunta sa kanila. Nagpapakasasa lang sila sa mga pakinabang ng kanilang katayuan; hindi sila kailanman gumagawa ng anumang bagay na kapaki-pakinabang sa gawain ng sambahayan ng Diyos, at kahit na makita nilang pabasta-basta o pabaya ang isang tao sa paggampan ng kanyang tungkulin, na may isang taong nanggagambala at nanggugulo sa gawain ng iglesia, binibigyan lamang nila ito ng ilang salita ng panghihikayat at inaaliw ito, pero hindi nila kailanman inilalantad o pinaghihigpitan ito—hindi nila kailanman pinasasama ang loob ninuman. Kung walang gustong makinig sa kanila, sasabihin nila na, “Nagkadurog-durog ang puso ko sa pag-aalala sa inyong lahat; nagsalita ako hanggang sa matuyo ang aking mga labi—pinagod ko ang sarili ko hanggang sa puntong halos mahati ako sa dalawa! Binibigyan ninyo ako ng labis na pag-aalala!” Hindi ba’t kahiya-hiyang sabihin nila ito? Nasusuklam ba kayong marinig ito? Isang paraan ito na naipamamalas ang patuloy na

pagnanais ng mga anticristo na kontrolin ang mga tao. Paano nakikipagbahaginan ang gayong mga anticristo sa mga tao? Sinasabi nila sa Akin, halimbawa, na, “Hindi ginagawa ng mga tao sa ilalim ko ang sinasabi sa kanila. Hindi nila sineseryoso ang gawain ng iglesia. Pabasta-basta sila, at walang patumangga nilang ginagastos ang pera ng sambahayan ng diyos. Sila ay totoong mga hayop, ang mga taong ito—mas mababa sila kaysa sa mga aso!” Ano ang tono nila rito? Ginagawa nilang eksepsiyon ang sarili nila; ang ibig nilang sabihin ay, “Isinasaalang-alang ko ang mga interes ng sambahayan ng diyos—hindi nila ginagawa iyon.” Ano ang tingin ng mga anticristo sa sarili nila? Isang “brand ambassador.” Ano ang isang brand ambassador? Tingnan ang mga brand ambassador mula sa ilang bansa—anong uri ng mga tao sila? Pinipili sila sa kanilang kagandahan; napakagaganda nila, magaling silang magsalita, at lahat sila ay dumaan sa pagsasanay. Sa likod ng mga eksena, lahat sila ay may mga koneksyon at pakikitungo sa matatangkad, mayayaman, at mga guwapong lalaki, sa mga opisyal na may matataas na ranggo, sa mayayamang negosyante—kaya mga brand ambassador sila. Ano ang sinasandigan nila, para maging mga brand ambassador? Dahil lang ba ito sa kanilang mga kaaya-ayang hitsura, magandang pigura, at husay sa pagsasalita? Pangunahin silang sumasandig sa mga koneksyon nila sa likod ng mga eksena. Hindi ba’t ganyan ang nangyayari? (Oo.) Oo, ganyan ang nangyayari. Ang mga anticristo, na palaging umaastang lider o ulo ng isang sambahayan, ay palaging gustong gamitin ang ganitong pag-uugali, ang ganitong postura, para ilihis ang mga tao at kontrolin ang mga ito. Hindi ba’t medyo katulad ito ng estilo ng isang brand ambassador? Nakatayo sila roon, ang mga kamay ay magkadaop sa kanilang likuran, at kapag tumango at yumuko sa kanila ang mga kapatid, sasabihin nila na, “Magaling—gawin mo nang maayos ang trabaho mo!” Sino sila para sabihin iyon? Anong posisyon ang itinalaga nila sa kanilang sarili? Hindi Ako nagsasabi ng gayong mga bagay, kahit saan Ako pumunta—narinig ninyo na ba Ako na nagsabi ng gayong bagay? (Hindi.) Paminsan-minsan, sasabihin Ko na, “Ang ganitong pagkakataon na mayroon kayo para gawin ang inyong tungkulin nang may kapayapaan ng isipan ay hindi isang bagay na madaling dumating! Kailangan ninyong samantalain ang pagkakataong ito, at gawin nang maayos ang inyong tungkulin—huwag ninyong hayaang itaboy kayo dahil sa paggawa ng masama at pagdudulot ng mga kaguluhan.” Saan nagmumula ang sinasabi Kong ito? Sa pagiging taos-puso. Pero ganoon ba mag-isip ang isang anticristo? Hindi siya ganoon mag-isip, at hindi siya ganoon kumilos. Sinasabihan niya ang iba na gawin nang maayos ang trabaho nila—ginagawa ba niya mismo ito? Hindi niya ginagawa iyon. Pinagagawa niya ng maayos na trabaho ang iba, pinagpapakapagod sila nang husto para sa kanya, pinagtatrabaho sila para sa kanya, at sa huli, siya ang nakakakuha ng lahat ng karangalan. Nagpapakapagod ba kayo nang husto para sa Akin ngayon, habang ginagawa ang inyong mga tungkulin? (Hindi.) Hindi rin kayo nagtatrabaho para sa Akin; ginagampanan ninyo ang inyong mga tungkulin at obligasyon, at pagkatapos ay tinutustusan kayo ng sambahayan ng Diyos. Magiging kalabisan bang sabihin na tinutustusan Ko kayo? (Hindi.) Hindi ito isang maling pahayag, at sa

katunayan, talagang ganito ang mga bagay-bagay. Pero kung ipasasabi mo sa Akin iyan, hindi Ko iyan sasabihin—hindi iyon kailanman mamumutawi sa Aking mga labi. Sasabihin Ko lang na tinutustusan kayo ng sambahayan ng Diyos: Ginagampanan ninyo ang sarili ninyong mga tungkulin sa sambahayan ng Diyos, at tinutustusan kayo ng Diyos. Kaya, para kanino ninyo ginagawa ang inyong mga tungkulin? (Sarili namin.) Ginagampanan ninyo ang sarili ninyong mga tungkulin at obligasyon; ito ang responsabilidad na dapat ninyong gampanan bilang mga nilikha. Ginagawa ninyo ito sa harap ng Diyos. Talagang hindi ninyo dapat sabihin na nagtatrabaho kayo para sa Akin—hindi Ko iyon kailangan. Hindi Ko kailangan ng sinumang nagtatrabaho para sa Akin; hindi Ako ang amo, hindi rin Ako ang presidente ng ilang kumpanya. Hindi Ako kumikita mula sa inyo, at hindi kayo kumakain ng pagkain Ko. Nakikipagtulungan lang tayo sa isa’t isa. Nakikipagbahaginan Ako ng mga katotohanang dapat Kong ibahagi sa inyo para maunawaan ninyo ang mga ito, at humayo kayo sa tamang landas, at sa gayon, napapanatag ang Aking puso—ganap na naisakatuparan ang responsabilidad at obligasyon Ko. Pakikipagtulungan ito sa isa’t isa, kung saan ginagampanan ng lahat ang bahagi nila. Malayo ito sa kaso ng kung sino ang nagsasamantala kanino, sino ang gumagamit kanino, sino ang nagpapakain kanino. Huwag kayong umasta nang ganyan—wala itong silbi, at kasuklam-suklam ito. Gawin ninyo talaga nang maayos ang gawain, sa paraang malinaw ito sa lahat, at sa huli, magiging nasa maayos na posisyon kayo para managot sa harap ng Diyos. May ganoon bang katwiran ang mga anticristo? Wala. Kung umako sila ng kaunting responsabilidad, gumawa ng kaunting kontribusyon, at nakagawa ng ilang gawain, nagpapasikat sila tungkol dito, sa paraang lantarang kasuklam-suklam—nagnanais pang maging mga brand ambassador. Kung hindi mo susubukang maging isang brand ambassador, at gagawa ka ng ilang aktuwal na gawain, magkakaroon ang lahat ng kaunting paggalang sa iyo. Kung umaasta kang isang brand ambassador, pero hindi mo kayang gumawa ng anumang kongkretong gawain, at gawin ito para ang ang Itaas ay mag-alala at personal na magbigay ng direksyon para sa lahat ng gawain, at sundan ito sa pamamagitan ng pangangasiwa sa iyo at pagbibigay sa iyo ng gabay, na ginagawa ng ang Itaas ang bawat aspekto ng gawain, at kung iniisip mo pa ring may abilidad ka, na naging mas mahusay ka, na ikaw ang gumawa ng lahat ng ito—hindi ba’t iyon ay kawalan ng kahihiyan? May ganitong kapabilidad ang mga anticristo. Ninanakawan nila ang Diyos ng Kanyang kaluwalhatian. Kapag nakaranas ang mga normal na tao ng ilang bagay, kaya nilang makaunawa ng kaunti sa katotohanan, at makita na, “Masyadong mababa ang aking kakayahan—wala akong halaga. Kung wala ang pag-aalala at pangangasiwa ng ang Itaas, kung wala sila para hawakan ang aking kamay para tulungan ako, wala akong magagawang anuman. Naging manika lang ako. Medyo nakilala ko na ang sarili ko ngayon. Alam ko ang maliit kong sukat. Hindi ako magkakaroon ng anumang reklamo kung pupungusan akong muli ng ang Itaas sa hinaharap. Magpapasakop lang ako.” Sa pagkilala sa sarili mong kakarampot na sukat, gagawin mo ang gawaing dapat mong gawin nang maayos ang asal, na nakalapat ang

dalawang paa sa lupa. Anuman ang itaas sa iyo ng ang itaas, gagawin mo ito nang maayos, nang buong puso at buong lakas. Ito ba ang ginagawa ng mga anticristo? Hindi, hindi ito—hindi nila isinasaalang-alang ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, o ang gawain ng sambahayan ng Diyos. Ano ang pinakamalaking interes ng sambahayan ng Diyos? Ito ba ang kayamanan ng iglesia? Ito ba ang mga handog sa Diyos? Hindi. Ano ito, kung gayon? Sa anong aspekto ng gawain umiikot ang paggampan ng bawat isa sa kanyang tungkulin? Ang pangangaral ng ebanghelyo at pagpapatotoo sa Diyos, para maunawaan ng buong sangkatauhan ang Diyos at bumalik ang lahat sa Kanya. Ito ang pinakamalaking interes ng sambahayan ng Diyos. At ang pinakamalaking interes na iyon ay nagsasanga pababa, nahahati sa bawat pangkat at bawat aspekto ng gawain, at pagkatapos ay nahahati pa nang mas pino hanggang sa iba't ibang tungkulin na ginagawa ng bawat tao. Ito ang interes ng sambahayan ng Diyos. Nakita na ba ninyo ito dati? Hindi, hindi pa ninyo nakita! Kapag nagsasalita Ako tungkol sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, iniisip ninyo na pera, bahay, at sasakyan ang mga ito. Anong uri ng mga interes ang mga iyon? Hindi ba't ilang materyal na bagay lamang ang mga ito? Sasabihin ba ng ilang tao na, "Dahil hindi naman iyon mga interes, lustayin natin ang mga ito hangga't gusto natin"? Ayos lang ba iyon? (Hindi.) Talagang hindi! Ang paglulustay ng mga handog ay isang mabigat na kasalanan.

Ano pa ang pinagkakainteresan ng mga anticristo, bukod sa kanilang pagnanais at ambisyong kontrolin ang mga tao? Wala naman talaga. Hindi sila masyadong interesado sa anumang bagay. Kung ginagawa man ng bawat tao ang nararapat na tungkulin, kung naisasaayos man nang angkop ang mga tauhan, kung mayroon mang sinumang gumagambala at nanggugulo sa gawain ng iglesia, kung umuusad man nang maayos ang bawat aspekto ng gawain ng iglesia, kung aling bahagi ng gawain ang may problema, kung aling bahagi ang mahina pa rin, kung aling bahagi ang hindi pa napag-iisipan, kung saan hindi nagagawa nang maayos ang gawain—hindi isinasangkot ng mga anticristo ang kanilang sarili sa anumang gayong mga bagay, ni hindi sila nagtatanong tungkol sa mga ito. Wala silang pakialam kailanman sa mga ito; hindi nila ginagawa ang kongkretong gawaing ito. Halimbawa, gawaing pagsasalin, gawaing pag-eedit ng video, gawain ng paggawa ng pelikula, gawaing nakabatay sa teksto, gawain ng pangangaral ng ebanghelyo, at iba pa—hindi nila masikap na sinusubaybayan ang anumang aspekto ng gawain. Hangga't hindi naaapektuhan ng isang bagay ang kanilang kasikatan, pakinabang, o katayuan, para bang wala itong kinalaman sa kanila. Kaya, anong bagay lang ba ang ginagawa nila? Inaasikaso lang nila ang ilang pangkalahatang usapin—paimbabaw na gawain na binibigyang-pansin at nakikita ng mga tao. Nagtatapos sila riyan, pagkatapos ay ipinangangalandakan ito bilang isa nilang kalipikasyon, at pagkatapos ay magsisimula silang tamasahin ang mga pakinabang ng kanilang katayuan. May pakialam ba ang mga anticristo sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos? Wala; may pakialam lang sila sa kanilang reputasyon at katayuan, sa mga bagay kung saan sila makakapagpakitang-gilas, at mapapahanga at mapasamba sa kanila ang mga tao. Kaya,

anumang mga problema ang lumitaw sa gawain ng iglesia, hindi sila nag-aalala sa mga ito o nagtatanong tungkol sa mga ito; gaano man kaseryoso ang isang problema, gaano man kalaki ang kawalang idinudulot nito sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, hindi nila nararamdamang isa itong problema. Sabihin mo sa Akin, may puso man lang ba sila? Sila ba ay mga taong may katapatan? Sila ba ay mga taong nagmamahal at tumatanggap sa katotohanan? Dapat guhitan ng mga tandang pananong ang mga bagay na ito. Puwes, ano ba kaya ang ginagawa nila buong araw, para guluhin nila nang husto ang gawain ng iglesia? Sapat na ito para ipakitang hindi nila isinasaalang-alang kahit katiting ang mga layunin ng Diyos. Hindi nila ginagawa ang mahalagang gawain na ipinagkatiwala sa kanila ng Diyos, kundi nagpapakaabala lang sila sa mga panlabas na pangkalahatang usapin, para magmukha silang gumagawa sa ibang tao; sa panlabas, abala sila sa paggawa ng isang tungkulin, para ipakita sa mga tao na sila ay masigasig at may pananalig. Nalilinlang nito ang ilang tao. Pero wala silang ginagawa ni isang aspekto ng mahalagang gawain ng iglesia—wala silang ginagawa sa gawain ng pagdidilig at pagbibigay ng katotohanan. Hindi nila kailanman ginagamit ang katotohanan para lutasin ang mga problema; inaasikaso lang nila ang ilang pangkalahatang usapin, at gumagawa sila ng kaunting gawain na nagpapaganda ng kanilang imahe. Sa mahalagang gawain ng iglesia, pabasta-basta at iresponsable lang sila—wala silang ni kaunting pagpapahalaga sa responsabilidad. Hindi nila kailanman hinahanap ang katotohanan para lutasin ang mga problema, gaano man karami ang lumitaw, at pabasta-basta sila sa kanilang mga tungkulin. At dahil nakapag-asikaso na sila ng ilang panlabas na pangkalahatang usapin, iniisip nilang nakagawa na sila ng aktuwal na gawain. Habang ginagawa ng mga anticristo ang mga tungkulin nila, nag-aamok sila sa paggawa ng di-mabubuting bagay at kumikilos nang arbitraryo at diktatoryal. Ginugulo nang husto at tuluyan nilang sinisira ang gawain ng iglesia. Walang isang aspekto ng gawain ang nagagawa sa paraang pasok sa pamantayan at nang walang pagkakamali; walang aspekto ng gawain ang nagagawa nang maayos nang hindi kinakailangang mamagitan ng ang Itaas, at mag-usisa rito, at pangasiwaan ito. At gayumpaman, may ilang punong-puno ng hinaing at pagsuway matapos matanggal; gumagawa sila ng mga mapanlinlang na argumento para sa sarili nila, na ipinapasa ang responsabilidad sa mga lider at manggagawa sa mataas na antas. Hindi ba't ito ay ganap na hindi makatwiran? Hindi makikita ang tunay na saloobin ng isang tao sa katotohanan kapag walang nangyayari, pero kapag pinungusan at tinanggal siya, nabubunyag ang kanyang tunay na saloobin sa katotohanan. Magagawa ito ng mga taong tumatanggap sa katotohanan sa anumang mga sitwasyon. Kung mali sila, kaya nilang aminin ang kanilang pagkakamali; kaya nilang harapin ang mga katunayan at tanggapin ang katotohanan. Hindi aaminin ng mga taong hindi nagmamahal sa katotohanan na mali sila, kahit nalantad na ang pagkakamali nila; lalong hindi rin nila tatanggapin ang pag-aasikaso sa kanila ng sambahayan ng Diyos—at ano pa nga ang ikakatwiran ng ilan sa kanila? “Nilayon kong gumawa nang maayos—hindi ko lang nagawa. Hindi ako masisisi ngayon sa nagawa kong masama. Mabuti ang nilayon ko,

at nagdusa ako at nagbayad ng halaga, at ginugol ko ang aking sarili—ang hindi paggawa nang maayos ay hindi katulad sa paggawa ng kasamaan!” Para gamitin ang pangangatwirang ito, itong palusot na ito, para tanggihang pangasiwaan ng sambahayan ng Diyos—tama ba iyon? Anumang mga pangangatwiran at pagpapalusot ang ibinibigay ng isang tao, hindi niya maikukubli ang saloobin niya sa katotohanan at sa Diyos. Nauugnay ito sa kanyang kalikasang diwa, at ito ang pinakaindikatibong bagay. May nangyari man o wala, ang iyong saloobin sa katotohanan ay kumakatawan sa iyong kalikasang diwa. Ito ang iyong saloobin sa Diyos. Makikita kung paano mo tinatrato ang Diyos sa pamamagitan lamang ng pagtingin sa kung paano mo tinatrato ang katotohanan.

Ano ang sinaklaw natin sa ating talakayan tungkol sa pag-uugali ng mga anticristo ng pagkontrol sa mga tao? (Interesado lamang ang mga anticristo sa pagkontrol sa mga tao.) Tama iyon. Ang mga taong partikular na mapagmataas at may partikular na pagmamahal sa katayuan ay may sapat na “interes” sa pagkontrol sa mga tao. Hindi positibo ang “interes” na ito—isa itong pagnanais at ambisyon, negatibo ito, at nakasisira ito. Bakit magiging interesado sila sa pagkontrol sa mga tao? Mula sa isang obhetibong perspektiba, kalikasan nila ito, pero may isa pang dahilan: Ang mga taong kumokontrol sa iba ay may espesyal na pagkahumaling at pagkagiliw sa katayuan, kasikatan, pakinabang, banidad, at kapangyarihan. Puwede Ko ba itong sabihin nang ganyan? (Oo.) At hindi ba’t katulad ng kay Satanas ang espesyal na pagkahumaling at pagkagiliw na iyan? Hindi ba’t iyan ang diwa ni Satanas? Buong araw na pinag-iisipan ni Satanas kung paano ililihis at kokontrolin ang mga tao; araw-araw, ikinikintal nito sa mga tao ang mga nakalilinlang na ideya at pananaw, sa pamamagitan man ng pagtuturo at edukasyon, o sa pamamagitan ng tradisyonal na kultura, o sa pamamagitan ng agham, matayog na kaalaman, at mga katuruan—at habang mas ikinikintal nito ang mga bagay na ito sa mga tao, mas sinasamba nila ito. Ano ang layunin ni Satanas sa pagkikintal ng mga bagay na ito sa mga tao? Kapag nagawa na nito ito, tataglayin ng mga tao ang mga ideya nito; tataglayin nila ang mga pilosopiya at paraan ng pag-iral nito. Katumbas ito ng pag-uugat ni Satanas sa puso ng mga tao. Nabubuhay sila kay Satanas, at ang pamumuhay nila ay pamumuhay ni Satanas—ito ang pamumuhay ng mga demonyo. Hindi ba’t ganoon iyon? Hindi ba’t ganoon din ang mga anticristo na kumokontrol sa mga tao? Gusto nilang gawing mga taong katulad nila ang lahat ng iba pa; gusto nilang mabuhay ang lahat para sa kanila, na maging handa para sa paggamit nila, at gumawa ng mga bagay para sa kanila. At ang lahat ay dapat mapasailalim sa kontrol nila: Ang mga kaisipan at pananalita ng mga tao, ang kanilang estilo ng pananalita, mga ideya, at pananaw, ang perspektiba at saloobin sa kanilang pagkilos, maging ang kanilang saloobin sa Diyos, ang kanilang pananalig, at ang determinasyon at adhikain nila na gawin ang mga tungkulin nila—ang lahat ng ito ay dapat mapasailalim sa kontrol nila. Gaano kalalim ang pagkontrol na iyon? Bine-brainwash at iniindoktrinahan muna nila ang mga tao, pagkatapos ay pinagagawa nila sa lahat ng tao ang mga katulad na bagay na ginagawa nila mismo. Nagiging “ninong” sila. Para gawing ganito ang mga tao, gumagamit ng maraming kaparaanan ang mga

anticristo: May panlilihis, pagkikintal, pananakot, at ano pa? (Mga sikolohikal na pag-atake.) Bahagi iyon ng panlilinlang. Ano pa? (Pamimilit at panunuhol sa mga tao.) Paano nila sinusuhulan ang mga tao? Nag-aamok ang ilang tao sa paggawa ng di-mabubuting bagay habang ginagawa ang mga tungkulin nila sa sambahayan ng Diyos. Malinaw ba itong nakikita ng mga anticristo? Masyadong malinaw itong lahat sa kanila. Pinapangasiwaan ba nila ito, kung ganoon? Hindi nila ito pinapangasiwaan. At bakit hindi nila ito ginagawa? Ninanais nilang gamitin ang usapin para suhulan ang mga taong iyon; sinasabi nila sa mga iyon na, “Ang hindi pag-aasikaso sa iyo ay isang pabor na ginawa ko para sa iyo. Kailangan mo akong pasalamat. Nakita kitang gumawa ng isang masamang bagay, pero hindi kita iniulat, at hindi kita pinangasiwaan. Naging maluwa ako. Hindi ba’t may utang na loob ka sa akin mula ngayon?” Ang mga taong iyon ay nagpapasalamat sa kanila pagkatapos at itinuturing silang mga tagapagtaguyod nila. Kung gayon, ang mga anticristo at ang mga taong iyon ay parang mga baboy na naglulublob sa iisang kural. Habang nasa kapangyarihan sila, masusuhulan ng mga anticristo ang gayong mga tao: ang mga gumagawa ng kasamaan, na pumipinsala sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, na humuhusga sa Diyos sa pribado, at na sumisira sa gawain ng sambahayan ng Diyos sa pribado. Ito ang uri ng barkadahan ng masasamang tao na pinoprotektahan ng mga anticristo. Hindi ba’t ito ay isang uri ng pagkontrol? (Isang uri ito.) Ang katunayan ay na alam ng mga anticristo sa kaibuturan ng puso nila na ang mga taong ito ay hindi ang mga nangangalaga sa interes ng sambahayan ng Diyos. Alam nilang lahat ito—may lihim na pagkaunawa—kung kaya, nagtutulungan sila. “Magkapareho tayo. Hindi mo isinasaalang-alang ang mga interes ng sambahayan ng diyos. Niloloko mo ang diyos, at ganoon din ako; hindi mo hinahangad ang katotohanan, at hindi ko rin ito hinahangad.” Sinusuhulan ng mga anticristo ang gayong mga tao. Hindi ba’t panunuhol ito sa kanila? (Panunuhol ito.) Wala silang pakialam kahit hayaang magdusa ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Kahit na isakripisyo pa ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, kinukunsinti nila ang mga taong ito na nag-aamok sa paggawa ng di-mabubuting bagay, at nagiging palamunin sa sambahayan ng Diyos. Para bang tinutustusan nila ang mga taong ito, at ang mga taong ito ay walang kamalay-malay na nagpapasalamat sa kanila. Kapag dumating na ang panahon para pangasiwaan ng sambahayan ng Diyos ang masasamang taong ito, paano nila tinitingnan ang mga anticristo? Sinasabi nila sa sarili nila na, “Hay naku. Tinanggal na sila. Kung hindi pa sila tinanggal, nakapagsaya pa sana kami nang mas matagal—dahil sa pagsangga nila sa akin, walang sinuman ang nakapangasiwa sa akin.” Nakararamdam pa rin sila ng labis na pagiging malapit sa mga anticristo! Malinaw na ang lahat ng ginagawa ng mga anticristo ay mga paggambala at panggugulo, mga bagay na nanlilihis sa mga tao, at masasamang gawa na sumasalungat sa Diyos. At sinumang tao ang hindi nagmamahal sa katotohanan ay hindi mamumuhi sa masasamang gawang ito, at pagtatakpan pa niya ang mga ito. Halimbawa, may isang lider na pinagtakpan ang mga anticristo. Tinanong siya ng ang Itaas kung sinuman sa iglesia ang nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan, o

nag-aamok sa paggawa ng di-mabubuting bagay, o kung may mga anticristo na nanlilihis sa mga tao. Sinabi ng lider na, “Buweno, magtatanong-tanong ako sa paligid. Hayaan mong tingnan ko ito para sa iyo.” Hindi ba’t bahagi iyon ng trabaho niya? Sa himig na iyon—“Hayaan mong tingnan ko ito para sa iyo”—hinarap niya ang ang Itaas, at wala na silang narinig pa tungkol dito pagkatapos. Hindi niya tiningnan—ayaw niyang mapasama ang loob ng mga taong iyon! At nang tinanong muli siya ng ang Itaas, “Tiningnan mo na ba?” Sinabi niya na, “Tiningnan ko na—walang kahit ano.” Totoo ba iyon? Siya ang pinakamalaking anticristo sa lahat, ang pangunahing salarin sa panggugulo sa gawain ng iglesia, at sa pamiminsala sa mga interes ng sambahayan ng Diyos. Siya mismo ay isang anticristo—ano ang naroon para tingnan niya? Dahil naroon siya, anumang masasamang bagay na ginawa ng mga taong nasa ilalim niya, anumang pagkagambala at kaguluhan na idinulot nila, walang sinumang makapagsiyasat sa mga bagay na ito. Hinarang niya sila sa paggawa nito. Bilang implikasyon, sa ganoong kalagayan, hindi ba’t inihiwalay niya sa Diyos ang mga taong nasa ilalim niya? Ganoon na nga. At sino ang pinakinggan ng mga taong iyon, na nahiwalay sa Diyos sa pamamagitan niya? Hindi ba nila siya pinakinggan? Kung kaya, siya ang naging maton ng bayan, ang bandidong lider, lokal na tirano—napasailalim niya sa kanyang kontrol ang mga taong iyon. Anong kaparaanan ang ginamit niya? Nilinlang niya ang ang Itaas at dinaya niya ang mga nasa ilalim niya. Sa mga taong nasa ilalim niya, sinuhulan niya ang mga ito at sinabihan ng mga kaaya-ayang salita, at sa ang Itaas, gumamit siya ng panlilinlang—hindi niya ipinaalam sa ang Itaas ang nangyayari sa ibaba. Wala siyang sinabi sa ang Itaas tungkol dito, at gumawa rin siya ng huwad na kaanyuan. Anong huwad na kaanyuan ang ginawa niya? Sinabi niya sa ang Itaas na, “May isang tao sa ating iglesia na iniulat ng lahat ng mga kapatid na may mababang pagkatao, na sobrang mapaminsala, at na walang kapabilidad sa anumang tungkulin. Ano ang masasabi mo—maaari ko ba siyang pangasiwaan?” Ang marinig siyang sabihin ito, malinaw mula sa mga pagpapamalas ng taong iyon na siya ay isang masamang tao na dapat pangasiwaan. Kaya, sinabi ng ang Itaas, “Kung ganoon, puwede mo siyang pangasiwaan. Pinangasiwaan mo na ba siya?” Sinabi niya na, “Pinangasiwaan namin siya noong nakaraang buwan at pinaalis.” Ang mga katunayan ba ay totoo talaga gaya ng sinabi niya? Ano ba talaga ang nangyari pagkatapos ng mas detalyadong pagtatanong? Hindi niya nakasundo ang taong iyon. At may dahilan kung bakit hindi sila nagkasundo: Hindi gumawa ng aktuwal na gawain ang lider na ito, at palagi siyang bumubuo ng mga barkadahan at maliliit na grupo mula sa mga kapatid—ipinakita niya ang mga pagpapamalas ng isang anticristo, at ang taong iyon ay may pagkilatis sa kanya, at iniulat at isiniwalat niya ang mga problemang iyon. Sa sandaling ginawa niya ang ulat na iyon, napag-alaman ito ng mga kasamang kampon ng lider, at dahil dito ay pinahirapan at pinaalis siya nito. Nagtagumpay ang anticristo na ito na makumbinsi ang lahat ng nasa ilalim niya na maghimagsik laban sa taong iyon at tanggihan ito, at sa huli, pinangasiwaan niya ang taong iyon at pinaalis, at pagkatapos ay iniulat niya ang “mabuting balita” na ito sa ang Itaas. Hindi iyon ang totoong nangyari,

sa katunayan. Nangyayari ba ang gayong mga bagay sa iglesia? Nangyayari. Sinusupil ng mga anticristo na ito ang mga kapatid; sinusupil nila iyong mga nakakikilatis sa kanila at nag-uulat ng kanilang mga problema, gayundin ang mga nakakikilatis sa kanilang kalikasang diwa. Sila pa ang nauunang magsampa ng mga reklamo laban sa mga biktima nila, iniuulat sa ang Itaas na ang mga taong iyon ang nagdudulot ng kaguluhan. Sino ba talaga ang nagdudulot ng kaguluhan? Ang mga anticristo ang nanggugulo at kumokontrol sa iglesia.

Ano ang mga teknik ng mga anticristo para maudyukan ang mga tao na magpasakop sa kanila? Ang isang gayong teknik ay ang paggamit ng iba't ibang pamamaraan para kontrolin ka—para kontrolin ang iyong mga kaisipan, ang iyong mga pamamaraan, ang landas na iyong tinatahak, at maging, sa pamamagitan ng kapangyarihang hawak nila, ang tungkuling ginagawa mo. Kung mapapalapit ka sa kanila, bibigyan ka nila ng madaling tungkulin na magbibigay-kakayahan sa iyong makapagpakitang-gilas; kung palagi kang sumusuway sa kanila, at palaging itinuturo ang kanilang mga pagkakamali, at isinisiwalat ang problema ng kanilang katiwalian, isasaayos nila para sa iyo na gumawa ka ng isang trabahong hindi gusto ng mga tao—halimbawa, pagawain ang isang batang kapatid ng ilang marumi at nakapapagod na trabaho. Isinasaayos nila ang madadali at malilinis na trabaho para sa sinumang magiging malapit sa kanila, mambobola sa kanila, at palaging magsasabi ng gusto nilang marinig. Ganito tinatrato at kinokontrol ng mga anticristo ang mga tao. Ibig sabihin, pagdating sa kapangyarihan sa pagtatalaga at paglilipat ng mga tauhan, na ginagawa ang lahat ng depende sa kanila, sila ang tanging may kontrol. Isang uri lang ba ito ng ambisyon at pagnanais? Hindi, hindi ito ganoon. Hindi ba't tumutugma ito mismo sa ikawalong aytem ng mga pagpapamalas ng mga anticristo: “Hinihimok nila ang iba na sa kanila lang magpasakop, hindi sa katotohanan o sa Diyos”? Ano ang tinutukoy ng “Hinihimok nila ang iba na sa kanila lang magpasakop, hindi sa katotohanan o sa Diyos”? Ano ang mali sa pagpapamalas na ito? Paano ito naging mali? Ito ay na ang pinasusunod nila sa mga tao ay ganap na salungat sa katotohanan. Hindi ito ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Ganap itong salungat sa mga interes ng sambahayan ng Diyos at salungat sa mga layunin ng Diyos; walang ni katiting nito ang nangangalaga sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, at walang ni katiting na bahagi nito ang ayon sa katotohanan. Ang gusto nilang ipasunod sa mga tao ay ganap na ang mga sarili nilang ambisyon, pagnanais, kagustuhan, interes, at kuru-kuro. Hindi ba't ito ang diwa ng problema? Isang paraan ito ng pagpapamalas ng diwa ng mga anticristo. Hindi ba't ito ang pinakabuod ng usapin? Dapat madaling makilatis ang pagkilos na ito ng mga anticristo. May ilang lider at manggagawa na naghahayag ng mga wasto at tamang pananaw, at bagaman hindi kumbinsido ang ilang tao at hindi matanggap ang mga ito, nagagawa ng mga lider na ito na magtiyaga sa pagpapatupad ng mga tamang pananaw na iyon at sa pagsasagawa ng mga ito. Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng pag-uugaling ito at ng sa mga anticristo? Tila magkatulad ang dalawa sa panlabas, pero may pagkakaiba sa diwa ng mga ito. Ang ginagawa ng mga anticristo ay sadyang

sumalungat sa katotohanan at sa mga prinsipyo ng gawain ng sambahayan ng Diyos, pinagagawa sa mga tao ang sinasabi nila sa pagkukunwaring ginagawa nila ang isang tungkulin para sa sambahayan ng Diyos at pagpapasakop sa katotohanan. Mali ito—labis-labis at katawa-tawang kamalian. Ang ilang lider at manggagawa ay nagtataguyod ng mga tamang pananaw. Dapat itaguyod ang ayon sa mga katotohanang prinsipyo; hindi ito pagmamataas at pagmamagaling, at hindi rin ito pagpigil sa mga tao—pagtataguyod ito sa katotohanan. Tila magkatulad ang dalawang pag-uugali sa panlabas, pero magkaiba ang mga diwa ng mga ito: Ang isa ay nagtataguyod sa mga katotohanang prinsipyo, at ang isa ay nagtataguyod sa mga maling pananaw. Ang ginagawa ng mga anticristo ay paglabag lahat sa katotohanan, sa pagkamapanlaban dito, at ganap na bunsod ng kanilang mga personal na ambisyon at pagnanais—kaya sa kanila lamang pinasusunod ng mga anticristo ang mga tao at hindi sa katotohanan o sa Diyos. Iyon ang pinakabuod ng aytem na ito. Ang pinag-usapan natin ngayon lang ay isang tanggap nang katunayan. Ano ang tinutukoy rito ng mga pagnanais at ambisyon? Tumutukoy ang mga ito sa ilang taong hindi gumagawa ng mga halatang bagay na gagawin ng isang anticristo, pero mayroon pa rin ng mga tendensiyang ito. Mayroon sila ng mga tendensiya at pagpapamalas na ito, ibig sabihin, mayroon sila ng mga pagnanais at ambisyon na ito. Anumang grupo sila kabilang, gusto nilang palaging inuutusan ang mga tao tulad nang isang opisyal: “Ikaw, gumawa ka ng pagkain!” “Ikaw, abisuhan si ganito-at-ganyan!” “Magsikap ka sa tungkulin mo, at magkaroon ng higit na katapatan—nakamasid ang diyos!” Kailangan ba nilang sabihin ang mga bagay na iyon? Anong uri ng tono iyon? Sino sila para palaging umasta na parang isang panginoon at amo? Wala silang halaga, gayumpaman ay nangangahas silang magsabi ng gayong mga bagay—hindi ba’t iyon ay kawalan ng katwiran? Puwedeng sabihin ng ilan na, “Mga hangal sila.” Pero hindi sila mga ordinaryong hangal—mga natatanging hangal sila. Paanong espesyal? Kapag nakikipagtalo o tinatalakay nila ang isang usapin kasama ang sinuman, tama man sila o hindi, dapat silang manaig sa huli; tama man sila o hindi, dapat nasa kanila ang huling salita, nasa kanila ang pagpapasya, at sila ang gagawa ng mga desisyon. Anuman ang katayuan nila, ninanais nilang gumawa ng mga desisyon. Kung mananaig ang ibang tao sa pagpapahayag ng tamang opinyon, magagalit sila; tinatalikuran nila ang gawain nila at ayaw na nilang gumawa pa—nagbibitiw sila, nagsasabi: “Sabihin na ninyo ang anumang gusto ninyong sabihin—hindi ninyo naman talaga ginagawa ang sinasabi ko!” Wala ba sila ng ambisyon at pagnanais na iyon? Ano ang mga kahihinatnan ng gayong mga tao na nagiging mga panginoon at amo, ng kanilang pagiging mga superbisor, ng pagiging mga lider? Nagiging mga tipikal na anticristo sila. Mayroon ba kayong ganoong mga pagpapamalas? Hindi iyon magiging mabuting bagay! Hindi ba’t magiging isang napakalaking kalamidad kung hindi makakamit ng isang mananampalataya ng Diyos ang katotohanan, at sa halip ay magiging isa siyang anticristo?

Paano tinitingnan ng mga walang pananampalataya ang mga tao? Kapag nakatatagpo sila ng isang tao, tinitingnan muna nila ang hitsura at pananamit nito; kapag pinakikinggan

nilang nagsasalita ang iba, palagi nilang gustong makita kung nagtataglay ba ito ng kaalaman. Kung makikita nila na ang iyong hitsura at pananamit ay hindi kaakit-akit, at wala kang masyadong pinag-aralan o hindi ka masyadong marunong, hahamakin ka nila, at gugustuhing lamangan ka kapag nakikipag-usap sila sa iyo. Sinasabi Ko na, “Kung gusto mong makipagtalo, sige—magsalita ka.” Ititikom Ko ang bibig Ko; pagbibigyan kita. Karamihan ng mga tao sa sambahayan ng Diyos ay nakikinig sa Akin, saanman Ako magpunta. Kaya, naghahanap Ako ng mga pagkakataong marinig ang iba na magsalita, para hayaan ang iba na mas lalo pang magsalita—sinisikap Kong hayaan ang lahat na magsalita mula sa puso, at magsalita tungkol sa mga paghihirap sa kalooban nila, at sa kaalaman nila. Habang nakikinig Ako, nakakarinig Ako ng ilang paglihis. Naririnig Ko ang ilan nilang problema at pagkukulang, kung anong mga problema ang lumitaw sa landas na tinatahak nila, at kung aling bahagi ng gawain ng iglesia ang hindi nagagawa nang maayos, kung anong mga problema ang nananatili rito, at kung kailangang lutasin ang mga ito. Nakatuon Ako sa pakikinig sa mga bagay na ito. Kung pinagtatalunan natin ang anumang isyu—kung sasabihin Ko, halimbawa, na papel ang isang tasa, at ipagpipilitan mong sabihin na plastik ito, sasabihin Ko na, “Sige. Tama ka.” Hindi Ako makikipagtalo sa iyo. Iniisip ng ilang tao na, “Kung tama Ka, bakit hindi Ka makipagtalo?” Depende ito sa isyu. Kung ito ay isang bagay na may kinalaman sa katotohanan, tama lang para sa iyo na pakinggan Ako; kung ito ay isang panlabas na usapin, hindi Ako makikialam anuman ang sabihin ninyo—ang gayong mga bagay ay walang kinalaman sa Akin. Walang silbi ang makipagtalo tungkol sa gayong mga bagay. May ilang tao na tumatalakay sa ilang usapin ng estado. Sa kanila, sinasabi Ko na, “Sa pagkakaunawa Ko rito, ganito ang bagay na iyon.” Idinagdag Ko ang “sa pagkakaunawa Ko rito” sa simula; may kaunting kamalayan sa sarili ryan. Ipinapakita Ko ang isang katunayang alam Ko para ilarawan ang bagay na iyon, sinasabi na, “Ito ang sitwasyon ngayon, pero kung may ilang espesyal na pangyayari, hindi Ko alam ang tungkol sa mga iyon.” Ito lang ang magagawa Ko para tasahin ang usapin nang may gayong katunayan, pero hindi Ko ipinagmamalaki kung gaano karami ang nalalaman Ko. Binibigyan Ko lang sila ng kaunting impormasyon bilang sanggunian—hindi Ko nilalayong ituring ang sarili Ko na mas nakaaangat kaysa sa kanila at pigilan sila, para ipakita sa kanila kung gaano Ako katalino, na alam Ko ang lahat, na wala silang alam. Hindi iyon ang Aking perspektiba. Kapag may ilang taong nakikipag-usap sa Akin, nagbabanggit Ako ng kaunting impormasyong hindi nila alam, at sinasabi nila na, “Buong araw kang nasa loob—ano ang alam mo?” Hindi nila alam ang impormasyong iyon, pero gusto nilang makipagtalo at makipag-away sa Akin tungkol dito. Sinasabi Ko na, “Tama iyan. Hindi Ako lumalabas, pero alam Ko ang isang bagay na ito. Sinasabi Ko lang sa iyo ang tungkol dito, at iyon lang iyon—maniwala ka man o hindi.” Ano ang dapat pagtalunan doon? Ang pagtatalo tungkol sa ganitong uri ng bagay ay isang disposisyon. May ilang tao na gusto pa ngang makipagkompetensiya para sa pagiging superyor pagdating sa isang panlabas na usapin, sinasabi na: “Paano mo nalaman ang tungkol dito? Bakit hindi ko alam ang

tungkol dito? Bakit kaya mong talakayin ang lahat ng kailangang talakayin tungkol dito, samantalang hindi ko kaya?” Halimbawa, sinasabi Ko na, “Sa mga taon na nanatili Ako rito, may natuklasan Akong natatangi tungkol sa klima: Medyo mahalumigmig ito.” Ito ay isang obserbasyong natuklasan Ko pagkatapos ng pananatili sa lugar na ito nang mahabang panahon—isa itong katunayan. Pero naririnig iyon ng ilang tao at sinasabi na, “Ganyan ba talaga ang mga bagay? Paanong hindi ko naramdaman ang halumigmig, kung gayon?” Dahil lang hindi mo naramdaman ang halumigmig, hindi ibig sabihin niyon na hindi ito mahalumigmig. Hindi ka lang dapat basta bumatay sa nararamdaman mo—dapat kang bumatay sa datos. Nagbibigay ng maraming detalye ang mga pang-araw-araw na pagtataya ng lagay ng panahon, at sa sandaling sapat na ang nakita mo, malalaman mo na, sa katunayan, ay mahalumigmig dito. Hindi ito isang bagay na inisip Ko lang, at hindi Ako nagsasalita batay sa isang pakiramdam. At bakit ganoon? Palaging may lumot sa mga malilim na base ng pader sa buong taon; sa tagsibol, may ilang lugar na hindi mangangahas lakaran ang isang tao, masyadong madulas ang mga ito. Ang obserbasyong ito ay nagmula sa pagdanas dito, nakikita ito ng sariling mga mata ng isang tao, at personal na nararamdaman ito. Ang pagsasalita nang ganito ay hindi labag sa mga katunayan, tama ba? Pero may ilang tao na humahamon sa Akin sa mga bagay na ito kapag nakikipag-usap sila sa Akin—sinasabi Kong mahalumigmig dito, at sinasabi lang nila na hindi. Hindi ba’t mga tao silang may magulong pag-iisip? (Ganoon nga sila.) Ang ilang pahayag ay ginawa batay sa realidad, dahil ang mga ito ay nagmula sa karanasan, at hindi bunga ng imahinasyon. Bakit nasabi Kong hindi mga imahinasyon ang mga ito? Dahil inilalatag ng mga ito nang malinaw, lubusan, at sistematiko ang mga detalye, at kapag nakita at naranasan ng isang tao ang inilarawan sa mga pahayag na iyon, eksaktong tumutugma ito sa mga nasabi. Hindi ba’t tumpak ang mga pahayag na iyon? (Tumpak ang mga ito.) Pero kahit na sa mga tumpak na pahayag na ito, may ilang tao na palaging nakikipagtalo, at nakikipagtalo sila sa Akin sa ganitong paraan. Para saan sila nakikipagtalo? Mortal na labanan ba ito? Nakikipaglaban ba sila para sa buhay nila? Hindi sila nakikipagtalo para roon; gusto lang nilang makipagkompetensiya sa kung sino ang mas nakakaalam. Gusto lang nilang makipagtalo—isa itong disposisyon. Paano sa palagay ninyo dapat tratuhin ang gayong mga tao? Kailangan ba nilang mailantad, at makipagtalo hanggang sa namumula ka na sa galit? (Hindi.) Walang silbing makipagtalo sa gayong mga kaignoranteng tao. Nakakababa ito. Hayaan mo lang sila. Hindi ba sapat iyon? Ano ang silbi ng pakikipagtalo sa gayong mga hangal at padalos-dalos na tao? Kung may argumento o debate dahil hindi nauunawaan ng isang tao ang ilang usaping may kinalaman sa katotohanan, ayos lang iyon—pero hindi ba’t kahangalan ang makipagtalo tungkol sa mga panlabas na usapin ito? Ang disposisyon ng mga anticristo, pangunahin, ay ang hindi pagtanggap sa katotohanan, ang pagiging mapagmataas at mapagmagaling, ang pagiging tutol sa katotohanan. Hindi man lang tinatanggap ng mga anticristo ang anumang tamang salita, o mga komento at kasabihan na ayon sa mga katunayan, at sasaliksikin nila ang mga ito, at makikipag-alitan at

makikipagtalo sa iyo tungkol sa mga ito—at hindi pa kasali rian ang katotohanan. Hindi ba't iyon ay isang disposisyon? (Disposisyon iyon.) Anong disposisyon ito? Pagmamataas. Ang ibig nilang sabihin ay, “Nauunawaan mo lang nang kaunti ang katotohanan, hindi ba? Hindi mo nauunawaan ang mga panlabas na usapin, kaya tama lang na makinig ka sa akin tungkol sa mga ito! Huwag ka nang masyadong magsalita—ginagalit talaga ako nito. Ang mga panlabas na gawaing ito ay hindi sa iyo para pangasiwaan. Sa mga responsabilidad mo, sa pagsasabi ng katotohanan, makikinig ako sa iyo—pero tigilan mo ang pagsasalita tungkol sa mga panlabas na bagay na ito. Manahimik ka, puwede? Hindi mo pa kailanman naranasan ang mga bagay na ito, kaya ano ang alam mo? Kailangan mong makinig sa akin!” Sa lahat ng bagay, pinakikinig nila ang mga tao sa kanila. Gusto nilang sakupin ang lahat, nang hindi tinitingnan kung sino ito. Anong disposisyon iyon? Mayroon bang anumang katwiran dito? (Wala.)

Sabihin ninyo sa Akin, madali ba o mahirap ang makisama sa Akin? (Madali.) Bakit ninyo nasabi iyon? Bakit sinasabi ninyong madali ito? Sasabihin Ko sa inyo, at makikita ninyo kung tama at tumpak ang pagpapaliwanag Ko sa Aking sarili. Una, normal ang Aking pagkamakatwiran. Paano maipaliliwanag ang pagiging normal na ito? Ibig sabihin nito na may mga tumpak Akong pamantayan at tumpak na perspektiba tungkol sa lahat ng usapin. Sa ganoong paraan, hindi ba't ang Aking mga pananaw at pahayag tungkol sa bawat uri ng bagay, at ang Aking saloobin sa bawat uri ng bagay, ay normal lahat? (Oo.) Normal ang mga ito—kahit papaano, ang mga ito ay nakaayon sa mga pamantayan para sa normal na pagkatao. Pangalawa, ang katotohanan ang nagsisilbing pamantayan Ko. Ito ang dalawang bagay na kahit papaano ay tinataglay ng normal na pagkamakatwiran. At may isa pang aspekto rito: Ang dahilan kung bakit nakikita ninyong madaling makisama sa Akin ay dahil may tamang sukat Ako at alam Ko ang mga pamantayan pagdating sa bawat uri ng tao. May tamang sukat Ako, gayundin ng mga paraan at estratehiya para sa kung paano Ko tinatrato ang mga lider at ordinaryong kapatid, para sa kung paano Ko tinatrato ang matatanda at kabataan, para sa kung paano Ko tinatrato ang mga mapagmataas na tao na sa malamang ay magpapasikat, at para sa kung paano Ko tinatrato ang mga mayroon at walang espirituwal na pang-unawa, at iba pa, para sa bawat uri ng tao. Sa pangunahin, ano ang tamang sukat na ito, at ang mga paraan at estratehiyang ito? Ang mga ito ay ang pagsunod sa mga katotohanang prinsipyo, hindi gumagawa ng mga bagay-bagay nang pabasta-basta. Ipagpalagay, halimbawa, na pahahalagahan kita dahil sa pagiging isang estudyante sa unibersidad, o hahamakin kita dahil sa pagiging isang magsasaka—hindi iyon ang mga prinsipyo. Kaya, paano Ko maaarok ang mga prinsipyong ito? Sa pamamagitan ng pagtingin sa kakayahan at pagkatao ng isang tao, sa tungkuling ginagawa niya, sa pananalig niya sa Diyos, at sa saloobin niya sa katotohanan. Itinuturing Ko ang mga tao batay sa kombinasyon ng iba't ibang aspektong ito. May isa pang dahilan kung bakit nakikita ninyong madali Akong pakisamahan, na isang bagay na marahil ay may maraming kuru-kuro ang mga tao at hindi nila magawang tanggapin. Iniisip nila na, “May katayuan Ka, pero bakit para Kang

isang tao na walang katayuan? Hindi Mo iginigiit ang Iyong katayuan; hindi Ka umaastang mataas at makapangyarihan. Sa isipan ng mga tao, iniisip nilang dapat Ka nilang tingalain—pero bakit kapag nakikita Ka ng mga tao, naiisip nilang mas angkop na ituring Ka mula sa parehong antas, o maging ang maliitin Ka?” Kung kaya, iniisip nilang madali Akong pakisamahan, at nagrerelax sila. Hindi ba’t ganoon iyon? Ganoon iyon. Dahil dito, iniisip nila na wala silang dapat ikatakot sa Akin, at ang pakisamahan Ako sa ganitong paraan ay napakainam. Sabihin ninyo sa Akin, kung sinisikil Ko kayo sa bawat pagkakataon, at pupungusan kayo nang walang magandang dahilan, at sasawayin at pangangaralan kayo buong araw nang may madilim na ekspresyon sa Aking mukha, hindi ba’t mag-iiba ang takbo ng mga bagay kung ganoon? Lisipin ninyo na, “Napakahirap Mong pakisamahan, dahil sa kakaiba Mong personalidad at sa pabago-bago Mong damdamin!” Hindi Ako magiging madaling pakisamahan kung ganoon. Tiyak na dahil tila normal Akong tingnan sa inyo sa lahat ng Aking aspekto, sa Aking personalidad, sa Aking mga kasiyahan at galit, sa Aking mga kalungkutan at kagalakan, at dahil sa inyong isipan, iniisip ninyong ang mga tao na may estado at mataas na katayuan ay dapat na maging mataas at makapangyarihan, pero ang Ako na nakikita ninyo ngayon ay napakakaraniwan lamang—iyon mismo ang dahilan kung bakit naging kampante na kayo at iniisip na madali Akong pakisamahan. Bukod dito, napapansin ba ninyong gumagamit Ako ng burukratikong jargon kapag nagsasalita Ako? (Hindi.) Hindi Ko iyon ginagawa—pagdating sa mga bagay na hindi ninyo nauunawaan, tinutulungan Ko kayo sa abot ng Aking makakaya nang anumang makakaya Ko, at bihira Ko kayong nililibak. Bakit bihira Kong gawin iyon? May mga pagkakataong labis Akong nagagalit at hindi Ko maiwasang magsabi ng ilang salitang nanlilibak sa inyo, subalit dapat Ko ring isaalang-alang na maaari kayong manghina, at kaya hangga’t maaari ay iniwasan Kong makipag-usap sa inyo nang ganoon. Sa halip, mapagparaya, mapagpatawad, at matiyaga Ako. Tinutulungan Ko kayo sa abot ng Aking makakaya, kung saan Ko kaya, at tinuturuan kayo sa abot ng Aking makakaya, nang kung ano ang Aking makakaya—ito ang ginagawa Ko sa karamihan ng pagkakataon. At bakit ganoon? Ito ay dahil karamihan ng mga tao ay higit na nagkukulang pagdating sa mga usapin ng pagpapatotoo sa Diyos at pag-unawa sa katotohanan—pero pagdating sa pagkain, pag-inom, at pagsasaya, o pananamit at pampanganda, o paglalaro, o anumang makamundong bagay, alam ng mga tao ang lahat ng tungkol sa mga bagay na ito. Sa kabilang banda, hinggil sa mga usapin ng pananampalataya sa Diyos, at mga usaping may kinalaman sa katotohanan, ignorante ang mga tao; pagdating sa pagpapatotoo sa Diyos, at paggamit ng mga propesyonal na kasanayan nila, mga kalakasan nila, at mga kaloob nila para gumawa ng kaunting gawain ng pagpapatotoo sa Diyos, para gumawa ng ilang gawaing nagpapatotoo sa Diyos, wala silang masasabi. Ano ang gagawin Ko, kapag nakikita Ko ang gayong sitwasyon? Dapat Ko kayong turuan, gabayan kayo nang paunti-unti, at turuan kayo sa abot ng Aking makakaya. Pinipili Ko ang mga bagay na nauunawaan Ko, at alam Ko, at magagawa Ko, at itinuturo Ko ang mga ito sa inyo, nang tuloy-tuloy,

hanggang sa matapos ang isang gawain. Itinuturo Ko sa inyo ang lahat ng makakaya Ko, hangga't kaya Ko. Para sa mga may mahinang kakayahan na hindi matuturuan, unawain ninyo ang hanggang sa makakaya ninyo, at hayaan ang natural na takbo ng mga bagay-bagay, hindi kita pupuwersahin. Sa huli, may ilang nagsasabi na, "Kaming mga nakakaunawa sa isang propesyon ay nalupig ng isang taong hindi dalubhasa sa larangang ito. Kaming may kaalaman sa larangang ito ay walang magawang kahit ano, at kailangan pa rin namin ang isang taong hindi dalubhasa sa larangang ito para turuan at tulungan kaming magawa ang anuman—labis itong nakakahiya!" Ang totoo, hindi ito nakakahiya, dahil ang pagpapatotoo sa Diyos sa pananampalataya ng isang tao ay kinasasangkutan ng katotohanan, at ang katotohanan ay isang teritoryong hindi pa nababagtas ng sangkatauhan. Walang tiwaling tao ang ipinanganak na nakakaunawa na sa katotohanan; sa pamamagitan lang ng personal na gawain ng Diyos na gawing perpekto ang mga tao, mauunawaan nila ang katotohanan. Kung ipinanganak ang mga tao na kayang makapagpapatotoo sa Diyos, wala nang sinuman ang sasalungat sa Kanya! Dahil ang mga tao ay kauri ni Satanas at may kalikasang diwa na mapanlaban sa Diyos, hindi nila magawa ang mga bagay na may kinalaman sa katotohanan at pagpapatotoo tungkol sa Diyos. Kaya, ano ang dapat gawin ng mga tao, kung ganoon? Hangga't lubos silang nagsisikap na gawin ang makakaya nila, sapat na iyon. Kung mayroon Akong lakas na mag-alok ng tulong at paggabay, tutulong Ako. Kung wala, o kung abala Ako sa iba pang mga bagay at hindi makapaglaan ng oras, gawin lang ninyo ang inyong makakaya. Naaayon iyon sa mga prinsipyo, hindi ba? Ito lang ang tanging maaaring paraan. Hindi Ko kayo pinipilit na gumawa nang higit sa inyong kapabilidad. Wala itong silbi—hindi ito magagawa. Sa huli, iniisip ng mga tao: "Sadyang madali Kang pakisamahan, at madaling makamit ang Iyong mga hinihingi. Sabihin Mo sa amin kung ano ang gagawin, at gagawin namin ang sinabi Mo." Maaaring mapungusan ang ilang tao paminsan-minsan. Karamihan sa kanila ay ayos lang naman pagkatapos noon, nang may tamang pagkaarok. May ilang tao na tinatalikuran ang kanilang gawain, at ang ilan ay palihim na nagdudulot ng mga kaguluhan, hindi nagsisikap na gawin ang kanilang tungkulin, at hindi gumagawa ng aktuwal na gawain. Ang gayong mga tao ay tinatanggal. Kung hindi mo gustong gawin ang gawain, bumaba ka sa puwesto. Bakit kailangang ikaw ang ginagamit para dito? Papalitan ka namin—iyon lang iyon. Simple, hindi ba? Kung sa hinaharap, magsisisi, magbabago, at gagawin ng mga taong iyon ang kanilang gawain nang maayos, bibigyan sila ng isa pang pagkakataon—at kung magdudulot pa rin sila ng mga pagkagambala at kaguluhan sa parehong paraan, hindi na sila kailanman gagamiting muli. Mas mabuting gumamit Ako ng taong masunurin. Anong silbi ng palaging pagkakasangkot sa ganoong mga tao? Tama? Magiging mahirap iyon para sa kanila at nakapapagod para sa Akin. May mga prinsipyo para sa kung paano Ko pinangangasiwaan ang mga bagay na ito, at may mga prinsipyo rin para sa kung paano Ako makikisama sa iba. Ang isa pang dahilan kung bakit madali Akong pakisamahan ay dahil sa pakikisama sa mga tao, hindi Ako kailanman nanghihingi ng mga bagay na

masyadong mabigat sa kanila. Gawin mo ang anumang makakaya mo; para sa mga bagay na hindi mo kayang gawin, sasabihin Ko sa iyo ang mga ito, isa-isa. Gawin mo ang makakaya mo nang buong puso mo; kung hindi mo ito gagawin nang buong puso mo, hindi kita pipiliting gawin ito. Pagdating sa iba pa, ibig sabihin, kung paano ka nananampalataya sa Diyos, sariling usapin mo iyon. Kung wala kang makakamit sa huli, wala kang masisisi. Ano ang palagay mo sa mga prinsipyo Ko sa kung paano Ko tinatrato ang mga tao? Nararamdaman mo bang medyo mapagpalayaw ang mga ito? Talagang hindi iyon ang kaso—ang paraan ng pag-aasikaso Ko rito ay ganap na alinsunod sa mga prinsipyo. Anong mga prinsipyo ang mga iyon? Makinig sa Akin, at mauunawaan ninyo.

Ako, ang Diyos na nagkatawang-tao, ay gumagawa sa loob ng pagkatao—kaya Ko bang ganap na palitan ang Banal na Espiritu, o ang Espiritu ng Diyos, sa paggawa ng gawain? Hindi, hindi Ko kaya. Kaya, hindi Ko sinusubukang lumampas sa Aking mga limitasyon, nang sinasabing gusto Kong palitan ang Diyos sa langit at gawin ang lahat ng Kanyang gawain. Iyon ay pagdakila sa sarili Ko—wala akong ganoong kapabilidad. Isa Akong ordinaryong tao. Anuman ang kaya Kong gawin, ginagawa Ko. Ginagawa Ko kung ano ang magagawa Ko nang maayos; ginagawa Ko ito hanggang matapos, at ginagawa Ko ito nang maayos. Inilalagay Ko ang Aking puso at lahat ng Aking lakas sa paggawa nito. Sapat na iyon. Iyon ang gawaing napupunta sa Akin. Subalit kung hindi Ko ito maunawaan, at nakaramdam Ako ng pagtutol sa katunayang ito, at hindi Ko ito kinilala, kundi palaging sinusubukang magpanggap na mahusay, palaging sinusubukang magpasikat, palaging sinusubukang magpakita ng ilang hindi kapani-paniwalang kasanayan, magiging ayon ba iyon sa mga prinsipyo? Hindi. Sa palagay ba ninyo ay nauunawaan Ko ang usaping ito? Oo, labis-labis Ko itong nauunawaan! Ang saklaw ng kung ano ang masasabi ng katawang-tao ng Diyos at kung anong gawain ang magagawa ng katawang-tao ay ang saklaw ng gawain na Kanyang ginagawa sa katawang-tao. Higit pa sa saklaw na ito, ang mga taong lihim na nararanasan ang pagdidisiplina at pagpungos ng Diyos, at ang kaliwanagan at paggabay ng Banal na Espiritu, at maging ang pagkakaloob ng Diyos ng mga pangitain, at kung sino ang peperpektuhin ng Diyos at kung sino ang ititiwalag Niya, at kung anong pananaw at saloobin mayroon ang Diyos tungkol sa lahat ng tao—ang mga bagay na ito ay usaping lahat ng Diyos. Kung may malapit kayong pakikipag-ugnayan sa Akin, nakikita Ko rin ang mga bagay na ito—subalit kahit paano ko man tingnan, gaano karami sa mga ito ang nakikita Ko? May limitasyon sa bilang ng mga taong nakikita Ko, at sa bilang ng nakasasalamuha Ko—paano posibleng makasama rito ang bawat isang tao? Imposible iyon. Hindi ba’t dapat na maging malinaw sa iyo ang bagay na ito? Sabihin mo sa Akin, malinaw ba sa Akin ang bagay na ito? Malinaw sa Akin. Ito ang dapat gawin ng isang normal na tao. Hindi Ko iniisip ang mga bagay na hindi Ko dapat gawin. May kapabilidad ba ang mga tao para dito? Wala silang kapabilidad—wala sila ng pagkamakatwirang iyon. Tinatanong Ako ng ilang tao ng, “Hindi ba’t palagi Mong palihim na sinisiyasat ang

mga bagay-bagay? Hindi ba't palagi Kang nagtatanong tungkol sa kung sino ang gumagawa ng kung ano at sa kung anong masasamang bagay ang sinasabi nila tungkol sa Iyo nang pribado, o kung sino ang palihim na nanghuhusga sa Iyo at nagsasaliksik sa Iyo?" Magiging matapat Ako sa iyo. Hindi Ako kailanman nagtanong tungkol sa mga bagay na iyon. Sino ang namamahala sa mga bagay na iyon? Ito ay ang Espiritu ng Diyos—sinisiyasat ng Diyos ang lahat; sinisiyasat Niya ang buong mundo at sinisiyasat Niya ang puso ng mga tao. Kung hindi ka naniniwala sa pagsisiyasat ng Diyos, hindi ba't abnormal ang iyong katwiran? (Oo, abnormal ito.) Kung ganoon ay hindi ka isang taong tunay na nananampalataya sa Diyos, pinaiiral mo ang maling posisyon, at isang malaking problema ang naganap. Hinihingi Kong manampalataya kayo sa Diyos, at lubos Akong naniniwala rito. Kaya, ang Aking mga salita at gawa ay itinayo sa pundasyong ito. Hindi Ako gumagawa ng mga bagay na lampas sa Aking mga hangganan; hindi Ako gumagawa ng mga bagay na lampas sa saklaw ng Aking mga abilidad. Hindi ba't iyon ay isang disposisyon? (Isa itong disposisyon.) Hindi ito nakikita ng ilang tao nang ganoon. Iniisip nila na mayroon Akong ganitong pagkakakilanlan, ganitong katayuan, at ganitong kapangyarihan, kaya't nagtataka sila kung bakit hindi Ako kumikilos nang ganoon. Iniisip nila na kailangan Kong maunawaan ang marami pang bagay, at maarok ang marami pang bagay, para lumabas na mayroon Akong higit na pagkakakilanlan, higit na katayuan, higit na kapangyarihan, at higit na awtoridad. Gaano man kalaking awtoridad at gaano man karaming kapangyarihan ang ibinibigay sa Akin ng Diyos, iyon ang tinataglay Ko. Hindi ito mga bagay na pinaghihirapan Ko, o mga bagay na inaagaw Ko. Ang awtoridad ng Diyos, ang Kanyang kapangyarihan, at ang Kanyang pagkamakapangyarihan-salahat ay hindi mga bagay na maaaring katawanin ng isang di-mahalagang laman. Kung hindi iyon malinaw sa iyo, may mali sa iyong katwiran. Kung hindi mo makilatis ang bagay na ito pagkatapos ng maraming taon ng pananampalataya sa Diyos, masyado kang hangal at ignorante. Hindi Ako nagtatanong ng tungkol sa maraming bagay—subalit alam Ko ba ang mga ito sa Aking puso? (Alam Mo.) Ano ang alam Ko? Alam Ko ba ang pangalan ng lahat? Alam Ko ba kung ilang taon nang nananampalataya ang bawat tao sa Diyos? Hindi Ko kailangang malaman ang mga bagay na iyon. Sapat na para sa Akin na malaman ang mga kalagayan ng lahat, kung anong kulang sa lahat, ang antas kung saan nakamit nila ang buhay pagpasok, at kung anong mga katotohanan ang dapat marinig ng lahat, at maidilig, at maitustos sa kanila. Ang malaman ang mga bagay na ito ay sapat. Hindi ba't ito ang napupunta sa Akin? Para malaman kung ano ang napupunta sa Akin—kung ano ang dapat Kong sabihin at ang gawain na dapat Kong gawin—hindi ba't pagkamakatwiran iyon? (Pagkamakatwiran ito.) Paano nagkakaroon ng gayong pagkamakatwiran? Kung ang Diyos na nagkatawang-tao ay wala man lang ng pagkamakatwirang ito, kung wala man lang Siya ng pamantayang iyon sa pagsukat ng lahat ng bagay at lahat ng pangyayari, anong katotohanan ang kailangan Niyang sabihin? Kung ang Diyos na nagkatawang-tao ay makikipaglaban sa Espiritu ng Diyos at makikipagkompetensiya sa Kanya para sa katayuan, hindi ba't may nangyaring mali?

Hindi ba't mali iyon? Maaari bang maging ganyan ang mga bagay-bagay? Hindi—iyon ay isang bagay na hindi kailanman maaaring mangyari.

Ang ilang tao ay palaging nag-aalala at nagsasabi na, “Palagi Ka bang nagtatanong tungkol sa amin at palaging palihim na nagsasaliksik tungkol sa amin? Palagi bang sinusubukan ng Diyos na tantyahin kung ano ang iniisip natin tungkol sa Kanya at kung paano natin Siya tinitingnan sa ating puso?” Hindi Ko iniisip ang gayong mga bagay. Kalabisan lang ang mga iyon! Anong silbi ng pag-iisip tungkol sa mga bagay na iyon? Ang lahat ng ito ay nasasakop ng pagsisiyasat ng Diyos. May saklaw sa mga pagkilos ng Espiritu ng Diyos, at mas lalo pa sa mga pagkilos ng Diyos na nagkatawang-tao. Ang Diyos na nagkatawang-tao ay Diyos, Siya ang daluyan at pagpapahayag ng katotohanan, at ang gawaing ginagawa Niya sa yugtong ito ay kumakatawan sa yugtong ito, hindi sa nakaraang yugto. Magagawa lang ng Diyos na nagkatawang-tao ang gawain na nasa loob ng panahong ito at ng saklaw na ito. Maaari bang katawanin ng gawaing ito ang susunod na yugto, kung ganoon? Buweno, hindi natin alam kung ano ang mangyayari sa hinaharap. Sariling usapin iyon ng Diyos. Hindi Ako sosobra. Ginagawa Ko ang dapat Kong gawin; ginagawa Ko ang mga bagay na dapat at kaya Kong gawin. Hindi Ko kailanman pinipilit ang sarili Kong lampasan ang Aking mga limitasyon, sinasabing, “Ako ay makapangyarihan sa lahat! Ako ay dakila!” Iyon ang Espiritu ng Diyos; kinakatawan lang ng Diyos na nagkatawang-tao ang pagpapahayag at daluyan para sa gawaing ginagawa ng Diyos sa panahong ito. Itinakda na ng Diyos ang saklaw ng Kanyang gawain at kung anong gawain ang Kanyang gagawin. Kung sasabihin mo na, “Si Cristo na nagkatawang-tao ay makapangyarihan sa lahat,” tama ka ba o mali? Kalahating tama, kalahating mali. Makapangyarihan ang Espiritu ng Diyos; hindi masasabing makapangyarihan sa lahat si Cristo. Dapat mong sabihing makapangyarihan sa lahat ang Diyos. Tama at tumpak na paraan iyon ng pagsasabi, at isa na nakaayon sa mga katunayan. Anong pagkamakatwiran ang dapat Kong taglayin? Sinasabi ng lahat na Ako ay Diyos, Diyos mismo, na Ako ay Diyos na nagkatawang-tao, kaya naniniwala ba Ako na kaya Kong kumatawan sa Diyos mismo, para sa Kanyang Espiritu? Hindi Ko kaya. Kahit na ibinigay sa Akin ng Diyos ang kapangyarihan at abilidad na iyon, hindi Ko maisasakatuparan iyon. Kung kaya Kong kumatawan sa Diyos sa ganoong paraan, hindi ba't iyon ay maihahalintulad sa isang uri ng kalapastanganan laban sa Kanyang disposisyon at diwa? Napakalimitado ng katawang-tao! Hindi iyon ang paraan para maunawaan ito; hindi iyon ang anggulo para harapin ang paksang ito. Hindi ba't ganoon iyon? (Ganoon nga.) Kaya, dahil tinataglay Ko ang mga kaisipang ito, ang mga prinsipyong ito sa paggawa ng mga bagay, at mga pagsasaalang-alang sa paggawa ng bawat bagay, hindi Ako parang Diyos sa maraming tao, at may ilan pa nga na, bago sila makipag-ugnayan sa Akin, nagkikimkim ng ilang pantasya, imahinasyon, at kuru-kuro, na maingat at mapagmatyag sa mga kilos nila, at pagkatapos sa sandaling makita nila Ako, iniisip nila na, “Tao lang siya, hindi ba? Walang nakakatakot sa kanya.” Pagkatapos nito, kumikilos na sila nang walang pagpipigil—nagiging mapangahas sila, at nangangahas

silang mag-amok sa paggawa ng di-mabubuting bagay. Ano ang tawag sa kanila? Mga hindi mananampalataya. Kung nananampalataya ka lang sa Diyos na nagkatawang-tao, at hindi sa Espiritu ng Diyos, isa kang hindi mananampalataya; at kung nananampalataya ka lang sa Espiritu ng Diyos, at hindi sa Diyos na nagkatawang-tao, isa ka ring hindi mananampalataya. Ang Diyos na nagkatawang-tao at ang Espiritu ng Diyos ay iisa—Sila ay iisa. Hindi Sila nakikipaglaban sa isa't isa, lalong hindi Sila hiwalay sa isa't isa, at mas lalong hindi na ang bawat isa ay ang sarili Nilang entidad. Sila ay iisa—kaya nga lang ay dapat harapin ng Diyos na nagkatawang-tao ang Kanyang gawain at ang Diyos mula sa perspektiba ng katawang-tao. Iyan ang usapin ng katawang-tao, at wala itong kinalaman sa inyo—usapin ito ni Cristo, at wala itong kinalaman sa sangkatauhan. Hindi mo maaaring sabihin na, “Kaya iniisip mo na isang ordinaryong tao ka rin. Sige, parehong uri tayo ng tao, kung ganoon—magkapareho lahat tayo.” Ayos lang bang sabihin iyon? Isa itong pagkakamali. Sinasabi ng ilang tao na, “Mukhang madali kang pakisamahan, kaya huwag na tayong maging pormal. Tratuhan natin ang isa't isa na parang magkakabarkada, na parang magkakaibigan; maging katapatang-loob tayo ng isa't isa—maging magkaibigan tayo.” Ayos lang ba iyon? Ang mga taong iyon ay walang espirituwal na pang-unawa; sila ay mga hindi mananampalataya. Habang mas ibinabahagi mo ang iyong damdamin sa kanila, at nakikipag-usap ka sa kanila tungkol sa katotohanan, mga katunayan, at sa katotohanang realidad, mas lalo ka nilang hinahamak—mga hindi mananampalataya ang mga taong ito. Habang mas nagsasalita ka tungkol sa malalalim na misteryo, at nagsasabi ng mga islogan, doktrina, at abstraksiyon, at habang mas iginigiit mo ang iyong katayuan, nagpapasikat ka, at nagpapakitang-gilas, mas pinapahalagahan ka nila—ang mga ito ay mga hindi mananampalataya. Kapag nakakakita sila ng isang tao na may prinsipyo at maingat sa kanyang mga pagkilos, na ang mga pagkilos ay nakaayon sa katotohanan, na kayang harapin ang mga positibo at negatibong bagay nang may mga malinaw na hangganan at pagkilatis—habang mas katulad niyon ang isang tao, mas lalo nila siyang minamaliit, at iniisip na hindi nila siya karapat-dapat bigyang-pansin—ito ay mga hindi mananampalataya.

Kapag nakikisalamuha Ako sa mga tao at nakikipag-ugnayan sa kanila, sinuman sila o gaano man maging katagal ang pakikipag-ugnayan, nararamdaman ba ng sinuman sa kanila na: “Palagi Niya akong sinusubukang kontrolin, pinamamahalaan Niya ang lahat ng mga usapin ng aking sambahayan, palagi Niya akong sinusubukang lupigin”? Hindi kita nilulupig! Ano ang magiging pakinabang niyon? Basahin mo ang mga salita ng Diyos sa iyong sarili, at pagnilayan ang mga ito at pumasok ka sa mga ito nang dahan-dahan. Kung ikaw ay isang taong naghahangad sa katotohanan, gagawa sa iyo ang Banal na Espiritu, at ang Diyos ay magkakaroon ng mga pagpapala at paggabay para sa iyo. Kung hindi ka isang tao na naghahangad sa katotohanan, kung palagi kang tutol sa lahat ng Aking sinasabi, at ayaw mong marinig ito, at hindi ito tinatanggap, sa huli ay palagi kang mabubunyag, at palagi kang nagkakamali kapag kumikilos ka—hindi mo tataglayin ang pamumuno ng Diyos. Paano iyon nangyayari? (Sinisiyasat ng Diyos ang lahat.)

Hindi lang sa sinisiyasat ng Diyos ang lahat. Danasin ito para sa sarili ninyo. Kapag may sinasabi Ako, sumasang-ayon man dito ang mga tao o hindi, o tinatanggap man nila ito o hindi, itinataguyod ba ito ng Banal na Espiritu, o wala ba Siyang pakialam? (Itinataguyod Niya ito.) Tiyak na itinataguyod ito ng Banal na Espiritu at talagang hindi Niya ito pipinsalain. Tama para sa inyong tandaan ito. Matatanggap man ng mga tao ang sinasabi Ko o hindi, darating ang araw na magiging malinaw ang mga katunayan, at sa isang sulyap, sasabihin ng lahat na, “Tama pala talaga ang sinabi Mo! Matagal Mo nang sinabi ito—bakit wala akong ideya tungkol dito?” Naniwala man kayo noong oras na iyon na ang Aking mga salita ay nagmula sa Aking imahinasyon, o mula sa Aking isipan, o mula sa kaalaman—isang araw, pagkatapos maranasan ang ilang bagay, maiisip ninyo na, “Katotohanan pala talaga ang mga sinabi Mo!” At paano ka nakarating sa ganitong pagkaunawa? Mula sa karanasan. Kung magagawa mong makamit ang kaalamang ito, magiging sa pamamagitan ba ito ng mental na pagsusuri? Talagang hindi; aakayin ka rito ng Banal na Espiritu—magiging gawa ito ng Diyos. Nagpapatuloy ang mga walang pananampalataya buong buhay nila nang may kaunting kaalaman tungkol sa ilan sa mga tuntunin para sa langit at lupa at lahat ng bagay, pero kaya ba nilang makamit ang katotohanan? (Hindi.) Kaya, ano ang kulang sa kanila? (Wala sa kanila ang gawain ng Banal na Espiritu.) Tama. Wala sa kanila ang gawain ng Banal na Espiritu—iyan ang kulang sa kanila. Kaya, gaano mo man Ako ituring at suriin bilang isang tao, at paano mo man tinatrato ang mga salitang sinasabi Ko at ang mga bagay na ginagawa Ko, sa huli ay dapat magkaroon ito ng resulta. Kikilos ang Diyos, at ibubunyag Niya kung tama o mali ang iyong pinili, kung tama o mali ang iyong saloobin, at kung may naging mali sa iyong pananaw. Itinataguyod ng Diyos ang gawain ng Kanyang katawang-tao. Bakit hindi sinusuportahan ng Diyos ang ibang tao, kung ganoon? Bakit hindi Niya sinusuportahan ang mga anticristo? Ito ay dahil ang Espiritu at ang katawang-tao ay iisa; pareho Sila ng pinagmulan. Sa katunayan, hindi ito pagtataguyod—ibig sabihin, kapag naranasan mo na hanggang sa wakas, ito man ay mga salitang binigkas ng Diyos na nagkatawang-tao o ang mga dumating sa iyo mula sa kaliwanagan ng Banal na Espiritu, magiging magkatugma ito. Hindi kailanman sasalungatin ng mga ito ang isa’t isa; magiging magkaayon ang mga ito. May kumpirmasyon ba kayo nito? Mayroon ang ilang tao, habang ang iba ay hindi pa umaabot sa puntong ito sa kanilang karanasan, at hindi nagtataglay ng kumpirmasyon nito. Ibig sabihin nito na hindi pa umaabot ang kanilang pananalig sa puntong iyon; napakaliit pa rin nito. Sa madaling salita, kapag ang iyong pananampalataya ay umabot sa isang partikular na antas, biglang darating ang isang araw na mararamdaman mo na ang isang ordinaryong parirala, na binigkas ng ordinaryong katawang-tao na ito, isang parirala na sa tingin mo ay hindi lubhang kahanga-hanga nang marinig mo ito, ay naging buhay mo na. Paanong magiging buhay mo na ito? Sasandig ka rito, nang hindi nalalaman, sa iyong mga pagkilos. Magiging gabay ito para sa iyong pang-araw-araw na buhay. At kapag wala kang landas, ang pariralang iyon ay magiging realidad mo, at ito ay magiging isang layon na magpapakita sa iyo ng daan; kapag

nakakaramdam ka ng sakit, ang pariralang iyon ang magbibigay-daan para makalabas ka sa pagkanegatibo at maunawaan mo kung ano ang problema mo. Pagkatapos ng gayong karanasan, makikita mo na kahit gaano kaordinaryo ang pariralang iyon, may bigat at buhay sa mga salita nito—na ito ang katotohanan! Kung hindi ka tutuon sa paghahangad sa katotohanan at hindi mo mahal ang katotohanan, maaaring kondenahin mo ang Diyos, at ang Kanyang pagkakatawang-tao, at ang mga katotohanang ipinahahayag Niya. Kung isa kang tao na naghahangad sa katotohanan, darating ang isang araw sa iyong karanasan na sasabihin mo na, “Sadyang madaling pakisamahan ang Diyos. Sadyang madaling pakisamahan ang Diyos na nagkatawang-tao”—subalit walang magsasabi na, “Pinakikisamahan ko Siya na para bang Siya ay isang tao.” Bakit ganito? Dahil ang karanasan mo ng mga salita ni Cristo, at ng gawain na ginagawa ng Banal na Espiritu sa iyo kapag hindi mo Siya nakikita sa iyong pang-araw-araw na buhay, ay magkapareho. Ano ang idudulot sa iyo ng “magkapareho” na ito? Sasabihin mo na, “Ang Diyos ay nag-anyo ng isang ordinaryo at pangkaraniwang panlabas, ang larawan ng isang katawang-tao, kaya naipagsawalang-bahala ng mga tao ang Kanyang diwa. Tiyak na ito ay dahil may mga tiwaling disposisyon ang mga tao kaya hindi nila nakikita ang bahagi ng Diyos na Kanyang diwa. Nakikita lang nila ang bahaging nakikita ng tao. Talagang walang katotohanan ang mga tao!” Hindi ba’t ganyan ito? (Ganyan nga.) Ganyan nga ito. Sa ilang gawain, halimbawa, kung maraming aspekto nito ang hindi Ko kayang gawin, maraming tao ang siguradong makabubuo ng mga kuru-kuro. Subalit kapag nagagawa Ko ang ilan sa bawat aspekto ng gawain, mas kalmado nang kaunti ang lahat, at medyo nagkakaroon sila ng kaaliwan sa puso: “Sige. Para Siyang Diyos—iyon lang ang masasabi ko. Para Siyang Diyos na nagkatawang-tao, Siya ay parang Cristo. Malamang Siya si Cristo.” Iyon lang ang uri ng depinisyong mayroon ang mga tao. Pero kung makikipagbahaginan lang Ako ng katotohanan at magpapahayag ng ilang salita ng Diyos, at wala nang ginawang higit pa roon—kung hindi Ako nagbigay ng praktikal na paggabay tungkol sa anumang gawain, at hindi Ko nagawang makapagbigay ng praktikal na gabay, mababawasan niyon ang pagtingin ng mga tao sa katawang-tao na ito at sa bigat na itinatakda nila sa Kanya. Naniniwala ang mga tao na ang katawang-tao ay dapat nagtataglay ng partikular na mga abilidad at mga partikular na talento. Ito ba, sa katunayan, ay isang talento? Hindi. Maipagkakaloob ng Diyos sa mga tao ang lahat ng uri ng mga talento, kaloob, at abilidad, kaya sabihin mo sa Akin, ang Diyos ba mismo ay nagtataglay ng ganoong mga bagay? Napakarami! Kaya, may ilang tao na hindi kayang lutasin ang palaisipang ito, at nagsasabi na, “Paano Mo kami tuturuang kumanta kung Ikaw Mismo ay hindi marunong kumanta? Hindi ba’t iyon ay isang di-propesyonal na nagbibigay ng mga tagubilin sa mga propesyonal? Hindi ba’t sumasalungat iyon sa mga prinsipyo?” Sasabihin Ko sa inyo, Ako ang eksepsiyon. Bakit ganoon? Kung hindi ninyo kayang gawin ang isang bagay nang maayos, kailangan Kong iabot ang Aking kamay para tulungan kayo; kung may magagawa kayo, ayos lang sa Akin ang hindi makialam, ayaw Kong makialam—mapapagod Ako sa paggawa nito. Kung kaya ninyong gawin ang

isang bagay nang maayos, bakit kailangan Kong iabot ang Aking kamay para tulungan kayo? Hindi Ako nagpapakitang-gilas dito, at hindi Ako naglalabas ng matatayog na ideya. Gusto Ko lang kayong turuan, sa larangan ng mga propesyonal na kasanayan at sa larangan ng mga katotohanang prinsipyo. Kapag natutunan na ninyong lahat ang mga kasanayan at naarok ang mga prinsipyo, isang malaking pabigat ito na matatanggal sa Aking puso, dahil ang mga bagay na iyon ay nasa labas ng gawaing nauukol sa Akin na gawin. Sinasabi ng ilan na, “Kung hindi ito gawain na nauukol sa Iyo, bakit Mo ito ginagawa?” Kailangan itong gawin, at malayo pa ang mga tao sa pagiging handa para sa gampanin. Kung hindi Ako nagbigay ng gabay tulad ng ginagawa Ko, ang mga nagawang gawain ay hindi magiging espesyal, at magbubunga ng di-gaanong kahusay na mga resulta ang pagpapatotoo sa Diyos. Kung wala Akong maipapakitang makabuluhang mga gawain, magiging medyo pabaya Ako at hindi rin mapapakali, kaya gagawa Ako ng kaunting gawain, ayon sa pinapayagan ng Aking lakas at kondisyon ng katawan. Bakit? May ilang pagsasaalang-alang. Kapag nakita ng buong sangkatauhan ang mga bagay na ginawa ng mga tao, at inunawa nila ang mga ito, ang mga perspektiba, pananaw, at abilidad na makaarok na mayroon ang mga tao ay naiiba lamang pagdating sa kung gaano katagal na silang naging mananampalataya, kanilang karanasan, at kanilang kakayahan, pero kung tutuusin ay magkakaparehong lahat ang kanilang mga pinagsimulan. Ang mga pinagsimulan nila ay ang mga karanasan nila sa mga katotohanang realidad batay sa kanilang pagkaunawa sa katotohanan. Ito ang mga bagay na kayang gawin ng sangkatauhan. Hindi Ko kayang gumawa ng mga bagay o lumikha ng mga gawa mula sa perspektiba ng isang ordinaryong tao. Anong perspektiba ang dapat Kong gamitin, kung ganoon? Iyong sa katawang-tao? Hindi Ko rin kayang gawin iyon. Hindi ito magiging angkop, hindi ba? Siyempre, gagamitin Ko ang perspektiba ng Diyos at ng Kanyang gawain mula sa katawang-tao, para sabihin ang mga salitang iyon, gawin ang mga bagay na iyon, at ipahayag ang mga pananaw na iyon. Masusukat ba ng pera ang halaga ng mga bagay na ito sa sangkatauhan? (Hindi.) Hindi maaari. Ito ay dahil ang mga bagay na ito, kapag ginawang mga natapos na gawain, ay mga bagay na mananatili magpakailanman para sa sangkatauhan. Siyempre, mananatili rin magpakailanman ang mga ordinaryong gawaing iyon. Pero dahil ang mga gawaing ito ay mananatili magpakailanman, at sa hinaharap, at magbibigay ng kontribusyon sa buong sangkatauhan, maging gabay man ang mga ito sa pananampalataya sa Diyos, o mga probisyon at tulong, dapat Akong gumawa ng ilang mas mabigat na gawain, tama ba? Iyon ang dahilan kung bakit kailangan Kong magsabi ng mga salita at lumikha ng mga gawa mula sa isang perspektiba na hindi kayang gamitin ng sangkatauhan. Para saan Ko ito ginagawa? Para madagdagan ang kasikatan ng iglesia. Tama ba ang motibong iyon? (Tama.) Sabihin mo sa Akin, kapaki-pakinabang ba sa pagpapatotoo para sa Diyos kung tumaas ang kasikatan ng iglesia? (Oo.) Itinataguyod ba ito nito, o pinipigilan ito? (Itinataguyod ito nito.) Tiyak iyon—tiyak na itinataguyod ito nito. Kapag nakikita ng ilang di-nananampalataya at mga relihiyosong grupo ang mga gawaing ito, namamangha sila kung gaano kahusay ang pagkakagawa

sa mga pelikulang ito, at palaging ninanais na makilala ang tagagawa ng pelikula sa likod ng kamera. Hindi Ako makikipagkita sa mga taong ito. Wala Akong oras para makipagkita sa mga taong ito, at hindi Ko alam kung ano ang magiging layunin ng pakikipagkita nila sa Akin. Anong silbi sa Akin ng pakikipagkita sa kanila, kung ganoon? Kung kayang tanggapin ng mga taong iyon na nakakapanood sa mga pelikulang ito ang katotohanan, sapat na iyon, at kung handa nilang imbestigahan ang tunay na daan, mas mabuti iyon. Hindi nila kinakailangang makipagkita sa Akin. Sa madaling salita, gumagawa Ako ng ilang makabuluhang gawa, para kapag nakita ng sangkatauhan ang mga bagay na ito, ito ay medyo may mas malaking pakinabang sa kanila. Mabuting bagay o masamang bagay ba ito, na ipaubaya ang mga bagay na ito sa sangkatauhan? (Isang mabuting bagay.) Kapaki-pakinabang ito; karapat-dapat itong gawin.

Ito ang paraan na mayroon Ako para makisama sa inyo. Ang ugnayan na mayroon Ako sa inyo ay itong nakikita at nararamdaman ninyo. Kaya, anong uri ng ugnayan mayroon ang Diyos sa inyo? Mararamdaman ba ito? Pareho ito. Huwag mong isipin na, “Ang Diyos na nagkatawang-tao ay isang tao; madali Siyang pakisamahan. Pero ang Diyos sa langit ay hindi, taglay ang pagiging maharlika at poot Niya—nakakatakot Siya!” Ang Diyos ay tulad Ko. Hindi ka Niya lulupigin o kokontrolin sa pamamagitan ng isang komento o isang pamamaraan, o sa pamamagitan ng puwersa. Hindi Niya gagawin iyon. Makikisama Siya sa inyo kung paanong nararamdaman ninyong pinakikisamahan Ko kayo: tinuturuan Ko kayo ng anumang makakaya Ko, at binibigyang-kakayahan Ko kayong maunawaan ang anumang makakaya Ko. Para sa mga bagay na hindi ninyo kayang maunawaan, hindi Ko kayo sapilitang iniindoktrinahan ng mga ito. Puwedeng sabihin ng ilan na, “Sinasabi Mo na hindi Mo kami iniindoktrinahan sa pamamagitan ng puwersa—buweno kung gayon, ano ang ginagawa Mo sa pangangaral ng katotohanan sa lahat ng oras?” Indoktrinasyon ba iyon? Tinatawag iyong pagtutustos sa inyo—hindi ito isang kaso ng pamumuwersa sa inyong umunlad, pagdidilig ito. Wasto ang pagdidilig; isa itong positibong bagay. Sasabihin ng ilan na, “Hindi ba’t ang panlulupig ng mga anticristo sa mga tao ay katulad ng sa Diyos?” (Hindi ito ganoon.) Sa anong paraan ito hindi ganoon? Ang parehong salita ay ginagamit sa panlulupig ng mga anticristo sa mga tao at sa panlulupig ng Diyos sa mga tao; ano ang pagkakaiba ng diwa sa pagitan ng dalawang paggamit na iyon ng salita? Maipapaliwanag ba ninyo ito nang malinaw? Kung kahit iyon ay hindi ninyo magawa, sadyang napakababa ng inyong pang-unawa sa katotohanan. (Ang panlulupig ni Satanas sa mga tao ay sapilitang pagkontrol, samantalang ang sa Diyos ay ang probisyon ng katotohanan—ito ay pagsasabi sa mga tao ng mga katotohanang prinsipyo, na maisasagawa kalaunan ng mga tao, at sa ganoon ay makakapagkamit sila ng buhay.) Kaya, tinatanong Ko kayo: kinokontrol at nilulupig ni Satanas ang mga tao, pero tinataglay ba nito ang katotohanan? (Hindi.) Ano si Satanas? Sa anong mga batayan nito nilulupig ang mga tao? Sa madaling salita, ano ang nagbibigay-kalipikasyon kay Satanas na lupigin ang mga tao at subukang kamtin sila? Walang kahit anuman si Satanas. Kaya, ano ang ginagamit nito para lupigin ang mga

tao? Ano ang maipagkakaloob nito sa mga tao, kapag nalupig na sila nito? Magagawa ka lang nitong tiwali; magagawa ka lang nitong paglaruan at sirain, at sa huli, kapag tapos ka na nitong sirain, ipapadala ka nito pababa sa impiyerno. Ano ang uri ng panlulupig at pagkontrol nito? Simpleng pang-aabuso ito. Ang layunin nito sa pagkontrol at paglupig sa iyo ay para pigilan kang magpasakop sa Diyos at sa katotohanan, at gawin kang magpasakop dito. Para kay Satanas, mali ang pagpapasakop mo sa Diyos, at tama ang pagpapasakop dito. Kung magpapasakop ka dito, at makontrol at malulupig ka nito, lubos mong iiwan at itatakwil ang Diyos. Paano, kung ganoon, gumagana ang panlulupig ng Diyos sa mga tao? Ang Diyos mismo ang katotohanan; Siya ang realidad ng lahat ng positibong bagay, ang pinagmumulan ng lahat ng positibong bagay, ang pinagmumulan ng katotohanan. Ano, kung ganoon, ang mga tao? Ang mga tao ay isang uring ginawang tiwali ni Satanas. Hindi nila tinataglay ang katotohanan. Kaya, dapat hatulan at kastiguhin ng Diyos ang mga tao, at subukin at pinuhin sila, sa pamamagitan ng pagpapahayag sa katotohanan at paglalantad ng tiwaling disposisyon ng tao, para maunawaan ng mga tao ang mga salita na Kanyang sinasabi, at kilalanin Siya bilang ang Lumikha at ang sarili nila bilang Kanyang mga nilikha, at lumapit sila sa Kanya, magpatirapa sa Kanya, at tanggapin nila ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos. Hindi ba't naaayon ang lahat ng ito sa katotohanan? (Naaayon ito.) Kaya, ano ang panlulupig na ito? Ito ay pagkakamit sa mga tao, ito ay kaligtasan; ito ay isang positibong bagay. Hindi ito nakasasama sa iyo. Wala bang pagkakaiba sa pagitan niyon at ng panlulupig ni Satanas? Nararapat para sa Diyos na lupigin ang mga tao. Siya ang katotohanan, ang pinagmumulan ng lahat ng positibong bagay. Ang sabihing “nilulupig Niya ang sangkatauhan” ay napakaangkop na paraan para sabihin ito! Hindi tinataglay ng sangkatauhan ang katotohanan, sila ay lubos na ginawang tiwali ni Satanas, at ginawang kauri nito. Kaya nga hindi nagpapasakop ang mga tao sa Diyos, at itinatanggihan Siya, at tinatanggihan Siya. Ano ang dapat gawin tungkol dito? Dapat ipahayag ng Diyos ang katotohanan at gamitin ang mga pamamaraan ng pagkastigo at paghatol para maunawaan ng mga tao kung sino ang Diyos, kung sino ang Lumikha, kung sino ang mga nilikha, at kung sino si Satanas, at gawin silang kilalanin ang Panginoon at bumalik sa Kanya, kilalanin ang Lumikha, at kilalanin ang kanilang sarili bilang Kanyang mga nilikha sa Kanyang presensiya. Iyon ang ibig sabihin ng panlulupig. Nauunawaan ba ng mga nilupig ng Diyos ang katotohanan, o hindi? (Nauunawaan nila.) At ang mga taong nilupig ni Satanas—ano ang napapala nila? Wala silang nauunawaang mga katotohanan, at iniwasan, ipinagkakanulo, at tinatanggihan nila ang Diyos, may mga kuru-kuro sila tungkol sa Kanya, at sinusundan pa nga nila si Satanas at ang mga anticristo. Maaari pa nga nilang husgahan ang Diyos, maghimagsik sila laban sa Kanya, at isumpa nila Siya, tumatangging kilalanin ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan, lalong hindi ang magpasakop dito. Pasok ba sa pamantayan ang mga nilikhang ito? (Hindi.) Sila ang eksaktong kabaligtaran ng mga taong nilupig ng Diyos; ang epekto ay ang kabaligtaran ng panlulupig ng Diyos sa mga tao.

Kung ang isang tulad ng isang anticristo ay may katayuan, at pumunta siya sa isang lugar kung saan hindi alam ng mga tao na siya ay isang lider, matutuwa ba siya tungkol dito? Hindi. Saanman siya magpunta, gagamitin niya ang anumang paraan na mayroon siya para sabihin sa lahat na, “Ako ang lider; ipaghanda mo ako ng pagkain. Kailangan kong kumain ng masarap!” Ano sa palagay ninyo ang pananaw Ko tungkol sa katayuan? (Hindi Ka interesado rito.) Paano naipamamalas ang kawalan ng interes na iyon? Kapag nagpupunta Ako sa isang lugar, sinasabi Ko sa mga tao roon hanggang sa makakaya Ko na huwag basta-bastang ipagkalat o ipamalita sa mga tao ang Aking pagkakakilanlan. Bakit Ko ito ginagawa? Dahil kapag nalaman ng mga tao ang tungkol dito, malaking abala talaga ito. Kung hindi nila alam, puwedeng magsabi sila nang kaunti sa Akin kung ano ang nasa puso nila; abala ito kapag nalaman nila—tumitikom ang bibig nila sa Akin. Sabihin mo sa Akin, hindi ba’t makakaramdam Ako ng pag-iisa, nang walang sinumang magsasabi ng nilalaman ng kanilang puso sa Akin? Ginagawa Ko ang lahat ng Aking makakaya para huwag ipaalam sa mga tao, para tratuhin nila Ako na parang isang karaniwang tao, at sabihin kung ano ang gusto nilang sabihin sa Akin. Napakainam para sa mga tao na makaramdam ng kalayaan at kaluwagan, para hindi Ko sila palaging ginagapos, at para hindi sila palaging magiging masyadong magalang sa Aking presensiya. Hindi kailangang kumilos sila nang ganoon; hindi Ko gusto iyon. Iniisip ng mga hindi nakakaunawa sa katotohanan na, “Tiyak na gusto Mo iyan, kaya ganyan Kita tatratuhin.” Kapag nakakakita Ako ng ganyang mga tao, nagtatago Ako. Kapag nakakakita Ako ng taong palaging sumisipsip, nagtatago Ako, singbilis ng makakaya Ko. Talagang ayaw Kong makipag-ugnayan sa ganoong mga tao—masyadong malaking abala, masyadong malaking problema! Pero iba ang mga anticristo. Umaasa silang makamit ang paggalang ng mga tao, para makatanggap ng espesyal na pagtrato saanman sila magpunta. At ano pa ang mas inaasahan nila? Na hangga’t naririto sila, ang mga tao sa ilalim ng kanilang pamumuno ay ganap na susunod sa kanilang mga utos, at susunod sa kanila nang walang kompromiso, hanggang sa punto ng pagiging lubos; pagkatapos ay iniisip nila na, “Tingnan mo—ano ang tingin mo sa mga sundalong pinamumunuan ko, sa grupong pinamumunuan ko? Ginagawa nilang lahat ang sinasabi ko, nang masunurin.” Nakakaramdam sila ng isang espesyal na pakiramdam ng tagumpay. Sinasanay nila ang mga tao na maging tulad ng mga papet, na maging tulad ng mga alipin, na walang independiyenteng kaisipan, o sarili nilang mga opinyon, o mga pananaw; ginagawa nilang manhid at mapurol ang pag-iisip ng bawat isa sa mga iyon. Ang mga anticristo pagkatapos ay nakakaramdam ng kagalakan at kasiyahan sa kaibuturan ng kanilang puso, nararamdamang nagbunga ng mga resulta ang kanilang gawain, na natupad ang kanilang mga pagnanais at ambisyon. Kung hindi ganoon ang mga bagay, nalulungkot sila nang sobra: “Bakit hindi na lang gawin ng mga tao ang sinasabi ko? Anong pamamaraan ang dapat kong gamitin para sundin nila ako? Sige—kung hindi mo alam na kahanga-hanga ako, kailangan ko lang na ipakita sa iyo! Mayroon akong graduate degree; dala-dala ko ang diploma ko araw-araw, para makita mo ito. Naipasa ko ang

Pagsusulit para sa mga Medyor sa Ingles Ikawalong Baitang, at naging lider ako ng unyon ng mga mag-aaral. Dahil sa nakikita kong hindi ninyo ako masyadong nauunawaan, magpapakitang-gilas ako nang kaunti sa inyo!” Sa tuwing tinatalakay nila ang gawain, sinasabi nila na, “Anumang kaisipan ang mayroon kayong lahat, sabihin ninyo ang mga ito; malaya ninyong ipahayag ang inyong mga pananaw—huwag kayong magpapigil sa akin.” Kung kaya, nagsimulang magpahayag ang mga tao roon ng kanilang mga pananaw. Pagkatapos nilang gawin ito, sinasabi nitong “superyor na tao” na ito na may graduate degree na, “Hindi mahusay ang inyong mga pananaw. Karaniwan ang lahat ng mga ito, lahat ng pananaw ng mga karaniwang tao. Kailangan ko talagang makialam—tingnan ninyo: Hindi ninyo magagawa ang gawain! Hindi ko gustong akuin ang gawaing ito, sa katunayan, pero kung wala ako rito, hindi ninyo talaga magagawang akuin ang pasaning ito, kaya kailangan kong tumulong. Pinag-isipan kong mabuti ang bagay na ito. Ganito natin ito aasikasuhin. Wala sa mga binanggit ninyong diskarte ang gagana; bibigyan ko kayo ng isang mas mahusay. Iyon ang hinihingi sa atin ng mga pagsasaayos ng gawain dati—simula ngayon, hindi na natin susundin ang mga regulasyong iyon. Hindi na natin ito gagawin nang tulad niyon.” Sinasabi ng ilang tao na, “Kung hindi tayo kikilos alinsunod sa mga pagsasaayos ng gawain, magdudulot ito ng malaking kawalan sa sambahayan ng Diyos.” Sumasagot siya na, “Huwag ninyo itong masyadong isipin—pagmamalasakitan ba ng sambahayan ng diyos ang maliit na halagang ito ng pera? Tutukan natin ang mga resulta—ang mga ito ang mahalaga. Simula ngayon, gawin na lang ninyo ang sinasabi ko. Kung may mangyaring mali, tatanggapin ko ang sisi!” Walang makakakumbinsi sa kanyang huwag gawin iyon. Hindi ba’t nagmamagaling lang siya? Ano ang layunin niya sa paggawa niyon? Ito ay para magpakitang-gilas, at paalalahanan ang bawat isang tao sa lahat ng oras ng tungkol sa kanyang pag-iral, pati na rin ng kanyang galing. Sa anong paraan siya magaling? Sa pagiging mahirap niyang maunawaan ng mga ordinaryong tao. Kahit na may parehong pananaw ang mga anticristo tulad ng sa ibang mga tao, tinatanggi pa rin nila ang pananaw na iyon kapag ipinahahayag ito ng iba, na pagkatapos noon ay nagsisimula silang muli at nangunguna sa muling pagpapahayag nito. Naririnig sila ng grupo at sinasabi: “Hindi ba’t parehong ideya rin iyon?” Sinasabi nila na, “Pareho o hindi, ako ang nagsabi. Hindi kayo ang nagsabi nito. Ako ang nanguna sa ideyang ito.” Gaano man sila pabalik-balik sa sinasabi nila, ang layunin nila ay kumbinsihin ang lahat, para ipaalam sa mga tao na: “Hindi ako isang lider para sa wala; hindi ako ang lider ng pangkat at ang superbisor para sa wala. Hindi lang ako puro salita—hindi ako mapupunta sa posisyong ito kung wala ang aking mga talento, kaloob, at abilidad.” Kung may mangyayari habang wala sila, walang ibang puwedeng magpasya, at kung naroon sila, sila dapat ang magpasya. Dapat bantayan ng lahat ang kanilang ekspresyon. Makakahinga lang nang maluwag ang bawat tao kapag sila ang nagpapasya; kung hindi, nababalisa ang lahat. Kung hindi sila pinapayagang magsabi ng kung ano ang mga dapat gawin, hindi magiging posibleng lutasin ang kasalukuyang gawain. Wala ba silang layunin sa paggawa nito? Minsan iniisip nila sa sarili nila na,

“Tama ba ang ginagawa ko? Mas mabuting hindi ko na ito gawin—ginagawa kong hangal ang sarili ko. Hindi ba’t ganito kumikilos ang mga anticristo? Hindi puwede iyon; ang karangalan ko ang mahalaga. ‘Anticristo’? Hindi ako kinondena ng ang itaas, kaya hindi ako isang anticristo!” At patuloy silang umaasta nang gaya ng dati. Minsan, alam na alam nilang lumalabag sa mga pagsasaayos ng gawain at sa mga katotohanang prinsipyo ang ginagawa nila, na halatang isinasaalang-alang nila ang sarili nilang karangalan at katayuan, na mayroon silang sarili nilang mga layunin—pero patuloy nilang ginagawa ang ginagawa na nila, nang hindi iniisip ang mga kahihinatnan, lalo nang walang may-takot-sa-Diyos na puso. Hindi ba’t ito ay isang disposisyonal na problema? Ano ang idudulot sa kanilang gawin ng ganitong uri ng disposisyon? Na maging labis na mapagmataas, at na mag-amok sa paggawa ng di-mabubuting bagay. Hindi ba talaga nila alam sa puso nila ang tamang paraan ng pagkilos? Hindi ba talaga nila nauunawaan na ang ginagawa nila ay lumalabag sa mga prinsipyo? Hindi ba talaga nila alam na ang ginagawa nila ay panlilihis at pagkontrol sa iba, na gumagawa sila ng kasamaan? Alam at nauunawaan nila ang mga bagay na ito. Na patuloy pa rin silang nakakikilos sa parehong paraan ay nangangahulugang hindi nila mahal ang katotohanan at tutol sila rito. Tinatanggihan nila ang anumang pananaw, daan, pamamaraan, o pahayag, hangga’t hindi ito nagmumula sa bibig nila. Hindi ba’t ito ay ambisyon? (Ambisyon ito.) May ambisyon at masamang layunin na nakapaloob dito. Anong masasamang layunin? Ano ang nakatago sa likod nito? (Pagpapagawa sa mga tao ng sinasabi nila.) Pagpapagawa sa mga tao ng sinasabi nila—talagang hindi nila puwedeng palampasin ang anumang ganoong kalamangan o pagkakataong mamukod-tangi, o payagan ang mga ito na mapunta sa sinumang iba pa. Sa bawat pagkakataon, sila dapat ang gumagawa ng mga desisyon; sa bawat pagkakataon, sila dapat ang nagpapasya; sa bawat pagkakataon, ang mga bunga ng gawain ay dapat na sa kanila lamang, at dapat na makredito sa kanila lamang. Sa huli, idinudulot nilang bumuo ang lahat ng isang tendensiya. Anong tendensiya? Ang tendensiyang isipin na gagana lang ang gawain kapag nasa pangkat sila—kung wala sila, para bang walang ibang makakaako ng pasanin. Dahil dito, hindi ba’t natupad na nila ang kanilang layunin? Ang mga taong iyon ay napasailalim na sa kanilang kontrol. Ano ang nauna sa pagiging kontrolado? Ang pagiging lubusang nalupig at natalo—pinahihirapan ka ng mga anticristo para sumuko ka sa kanila, para hindi mo malaman ang tama sa mali, at hindi mo subukang kilatisin sila o iugnay ang anumang aspekto ng katotohanan sa kanila, at matibay na maniwalang anumang gawin nila ay tama, at hindi ka na mangahas na kilatisin kung sila ba ay tama o mali. Ito ang mga kahihinatnang dulot pagkatapos na ang mga tao ay mailihis at makontrol ng mga anticristo, at agad na pagkatapos, sumusunod ang mga taong iyon sa mga anticristo. Hindi ba’t ganoon iyon? (Ganoon nga.) Hindi ba’t malinaw na pagpapamalas ito ng kung paano hinihimok ng mga anticristo ang iba na sa kanila lang magpasakop, hindi sa katotohanan o sa Diyos? (Ganoon nga.) Ano ang mga motibo at masamang layunin sa likod ng lahat ng ginagawa nila, at ano ang pinagmumulan ng mga pagkilos nila, ng mga paraan at pamamaraan

nila, at maging ng mga pahayag nila? Ito ay na gusto nilang talunin ka, supilin ka, pasukuin ka sa kanila, at ipakita sa iyo kung sino ang amo, sino ang kalipikadong manguna, sino ang may pagpapasya roon, at na hindi ang katotohanan ang may pagpapasya—na walang sinuman kundi sila ang puwedeng maging panginoon ng mga taong ito, o magpasya, o gumawa ng mga desisyon. Gusto mong banggitin ang katotohanan, pero walang paraan para gawin mo ito. Gusto mong magsabi ng magkakaibang opinyon—pero huwag mo nang isipin ito. Anong disposisyon ng mga anticristo ito? Ito ay kalupitan; gusto nilang lupigin at kontrolin ang mga tao. Tingnan mo man ang mga pagnanais at ambisyon ng mga anticristo, o ang kanilang mga tunay pagkilos, ang lahat ng ito ay nagpapakita ng kanilang disposisyon ng kalupitan at pagiging tutol sa katotohanan. Ang mga paraan, pagbubunyag, at pagpapamalas na ito na mayroon ang mga anticristo sa paglupig at pagkontrol sa mga tao, pati na rin ang kanilang mga diwa, ay ganap na tumutugma sa pangunahing paksang pinagbabahaginan natin. Gagawin ng mga anticristo na sa kanila lamang sumunod ang iba—ang implikasyon nito ay dapat gawin ng mga tao ang sinasabi nila, na ang paggawa nito ay pagpapasakop sa Diyos. Kung may isang tao na magsasabi ng naiibang opinyon at magsasabi na ang kanilang ginagawa ay salungat sa katotohanan, sasagot sila ng, “Salungat sa katotohanan? Sabihin mo sa amin—ano ang katotohanan? Kung malinaw mo itong maipapaliwanag, magpaparaya ako sa iyo—pero kung hindi mo ito magagawa, ipapahiya kita!” Kapag sinasabi nila iyon, natatakot ang ilang tao, sinasabi na, “Hindi ko talaga ito maipapaliwanag nang malinaw, kaya gagawin ko na lang kung ano ang sasabihin mo.” Dahil dito, naisakatuparan na ng mga anticristo ang layunin nila. May mga tao bang gumagawa nito? (Oo.) Nagawa na ba ninyo ang mga bagay na tulad nito? (Hindi.) May ganitong kasanayan ang mga anticristo. Sumusuko ang isang karaniwang tao kapag nakikita niyang hindi niya kayang hikayatin ang iba; hindi niya taglay ang kaparaanang iyon. Sa isang banda, hindi siya makapagsalita at makapagpahayag ng kanyang sarili sa ganoong paraan—hindi siya makapagsalita at makapagdebate nang maayos. Sa isa pa, hindi siya sapat na malupit. Ang mga makagagawa ng mga bagay na ito ay dapat na may buktot na disposisyon sa kalooban nila. Dapat silang maging malupit at sapat na walang awa, at walang pakialam sa damdamin ng sinuman. Kung may sinumang hindi sasang-ayon sa kanila, marahas nilang pinahihirapan ang mga ito, at gaano man kalupit ang kanilang pagpapahirap, hindi makararamdam ang kanilang konsensiya ng paninisi o kamalayan tungkol dito. May magsasabi na, “Nakakaawa na sila; bakit ko pinapagawa sa kanila ang sinasabi ko? Pakakawalan ko na lang sila—nananampalataya sila sa Diyos, hindi sa akin. Puwede na lang nilang pakinggan ang sinumang nagsasalita nang ayon sa katotohanan—hindi mahalaga kung sino ito. Pababayaan ko na lang ito sa pagkakataong ito.” Ganito ba mag-isip ang mga anticristo? Hindi; talagang walang ganoong pagkamakatwiran ang mga anticristo. Sadyang hindi sila malabo tungkol sa mga ambisyon at pagnanais nila. Kumakapit sila sa mga ito at hindi bumibitaw, tulad ng isang lobo na may kagat na tupa sa mga panga nito. Kung susubukan mong makipagnegosasyon sa isang lobo, at

pipigilan ito sa pagkain ng tupa—gagana ba iyon? Hindi ito gagana. Bakit hindi? Dahil iyon ang disposisyon nito. Ano ang pinaniniwalaan ng lobo? “Gutom ako. Gusto kong kumakain ng tupa. Tama ito. Gusto ko mang kainin ang tupa o hindi, ayos lang ito.” Iyon ang pilosopiya nito, ang pamantayan at pinagmumulan ng mga pagkilos nito. Gayundin, kapag nilulupig at kinokontrol ng mga anticristo ang mga tao, iniisip ba nila na, “Hindi ako Diyos. Napakawalang-kahihiyan ko para kontrolin ang mga tao. Kung kikilatisin ako ng mga tao, paano ko maipapakita ang mukha ko kahit saan?” May ganoon ba silang pakiramdam ng kahihiyan? (Wala.) Wala silang pakiramdam ng kahihiyan. Kaya, ano ang nawawala sa pagkatao nila? Ang kahihiyan, pagkamakatwiran, at konsensiya. Wala ang mga bagay na ito sa pagkatao nila. Kung wala ang mga bagay na iyon, tao pa ba sila? Hindi sila tao. Hindi naman lahat ng nagsusuot ng balat ng tao ay tao talaga—ang iba ay mga demonyo, ang iba ay mga naglalakad na bangkay, at ang iba ay mga hayop. Anong uri ng mga bagay ang mga anticristo, kung ganoon? Mga demonyo sila; ang ilan sa kanila ay masasamang demonyo, at ang iba ay masasamang espiritu. Sa kabuuan, hindi sila tao. Ito ay dahil hindi sila nagtataglay ng katwiran, konsensiya, at kahihiyan ng normal na pagkatao kaya ang mga anticristo ay nagagawang makipaglaban sa Diyos para sa mga tao at sa puso ng mga tao. Ipinapakita nito ang kanilang kalikasang diwa na maging buktot. Hindi makatwiran para sa kanila na makipaglaban sa iba para sa katayuan, mas lalong hindi ang makipaglaban sa Diyos para sa katayuan at para sa mga tao! Lalong ipinapakita nito na sila ay mga tunay na anticristo, na sila ay mga diyablo at mga Satanas.

Nagbahaginan tayo ngayon tungkol sa mga pagpapamalas ng mga anticristo hanggang sa ikawalong aytem. Maiuugnay ba ninyo ang inyong sarili sa mga anticristo, gayundin sa mga taong tumatahak sa landas ng mga anticristo at sa mga nagtataglay ng kanilang disposisyon, para makita kung anong uri kayo ng tao? (Oo.) Maiuugnay ninyo ang inyong sarili sa ilan sa kanila. Alin sa mga problema ng mga tao ang malulutas sa paggawa nito? (Maiiwas tayo nito sa pagtahak sa maling landas.) Maiiwas kayo nito sa pagtahak sa maling landas. Ano pa? (Binibigyang-kakayahan tayo nito para makilatis ang mga tao, pangyayari, at bagay sa paligid natin.) Binibigyang-kakayahan kayo nito para makilatis ang ilang tao sa paligid ninyo. Ang pagiging mapagkilatis sa iba ay bahagi nito; higit sa lahat, gayumpaman, dapat malaman ninyo kung paano maging mapagkilatis sa inyong sarili, sa disposisyon ng anticristo sa kalooban ninyo at sa landas na inyong tinatahak. Tutulungan kayo nitong hindi maligaw sa paggawa ng inyong tungkulin, at hindi tumahak sa landas ng mga anticristo. Kapag sinimulang tahakin ng isang tao ang landas ng mga anticristo, madali ba para sa kanya na bumalik? Hindi; kapag nagsimula na siya, hindi na madali para sa kanya ang bumalik. Alam mo ba ang dahilan nito? (Hindi gumagawa sa kanya ang Banal na Espiritu.) Iyon ang pangunahing dahilan. Ang pagtahak sa maling landas ay mapanganib, dahil pinili mong makipaglaban sa Diyos, makipaglaban sa Kanya para sa Kanyang mga taong hinirang, at makipaglaban sa Kanya hanggang sa wakas; hindi mo hinahanap ang katotohanan, o hinahangad na

tanggapin ang pagliligtas ng Diyos. Tahakin mo ang isang landas na tulad niyon, at magkakaroon ka ng problema. Magiging salungat ka sa Diyos—magiging salungat ka sa Kanya sa pamamagitan ng iyong sariling kalooban; ibig sabihin, ang iyong mga kaisipan, pananaw, opinyon, at pagpipilian ay magiging mapanlaban lahat sa Diyos. Kung, bago ka tumahak sa landas na ito, mayroon kang ilang obhetibong pagpapamalas, disposisyon, at diwa na salungat at mapanlaban sa Diyos, pero sa lahat ng oras, maingat ka sa puso mo tungkol sa hindi pagtahak sa landas ng pagiging mapanlaban sa Diyos, o sa landas ng mga anticristo, may pagkakataon kang maligtas. Kung tatahakin mo ang landas ng mga anticristo, ng pagiging mapanlaban sa Diyos, nasa panganib ka. Gaano kalaki ang panganib? Sapat na malaki na hindi magiging madali para sa iyo na bumalik. May ilang tao ngayon lang na nagsabi na hindi na gagawa sa iyo ang Banal na Espiritu—halatang-halata iyon! Paano gagawa ang Banal na Espiritu sa ganoong tao? Kapag tumahak ka na sa ganoong uri ng landas, kapag napili mo na ang pagpiling iyon, nasa panganib ka. Kung nauunawaan mo ito sa iyong puso, pero ginagawa mo pa rin ito, tinatahak ang daang iyon, at ginagawa ang pagpiling iyon, at nagpapatuloy ka palagi ayon sa sarili mong mga prinsipyo at sa iyong mga dati at naunang paraan ng pagkilos, nang hindi lumilingon o nagsisisi, nang hindi binabaligtad ang iyong landas, na kumakatawan sa iyong desisyon—napagdesisyunan mo nang tahakin ang landas na ito ng pagiging mapanlaban sa Diyos. Hindi sa hindi mo nauunawaan ang ginagawa mo—sinasadya mong gumawa ng kasalanan. Katulad lang ni Pablo, na nagsabi ng, “Sino ka, panginoon? Bakit gusto mo akong pabagsakin?” Alam na alam niya na ang Panginoong Jesus ay ang Panginoon, na Siya ang Cristo, pero sinalungat pa rin niya Siya hanggang sa wakas. Iyon ay sadyang paggawa ng kasalanan. Hindi nagpatotoo si Pablo para sa Panginoon, ni hindi niya Siya dinakila. Inisip niya na, “Hindi ba’t karaniwang tao ka lang? Hindi ba’t pinababagsak mo ako dahil lang may kapangyarihan ka? Puwedeng may kapangyarihan ka, pero naniniwala pa rin ako sa diyos sa langit. Ikaw, ang pagkakatawang-tao, ay hindi diyos; wala kang kaugnayan sa diyos. Ikaw ay anak ng diyos, at ikaw ay aming kapantay.” Hindi ba’t iyon ang pananaw niya? Ano ang pundasyon ng pananaw na ito ni Pablo? Pagkatapos niyang malaman na ang Panginoong Jesus ay si Cristo na nagkatawang-tao, itinaguyod pa rin niya ang pananaw na ito, tulad ng ginawa niya noon. Seryosong problema ito, at kasama nito, napagpasyahan na ang kanyang kalalabasan. Dahil pinanghawakan niya ang pananaw na iyon nang buong panahon, puwede kayang nabago ang landas na tinahak niya? Ang landas na tinatahak ng isang tao ay batay sa kanyang mga pananaw: Anuman ang iyong mga pananaw, iyon ang landas na iyong tinatahak. At sa kabaligtaran, kung anong landas ang iyong tinatahak, iyon ang mga pananaw na lilitaw sa iyo, mga pananaw na magkakaroon ka, mga pananaw na iimpluwensiya at magtuturo sa iyo. Sa sandaling tahakin mo ang landas ng pagiging mapanlaban sa Diyos, ang mga pananaw na ito ay mabubuo at mag-uugat sa kalooban mo, at isang bagay ang tiyak: Tiyak na magiging salungat ka sa Diyos hanggang sa wakas; tiyak na panghawakan mo ang iyong sariling mga maling pananaw, kaalaman,

at saloobin, sumisigaw ng paglaban sa Diyos hanggang sa wakas. Hindi ka talaga manunumbalik sa tamang landas—kahit na sabihin sa iyo ng sinuman na gawin ito, o kung bigyang-liwanag ka ng Banal na Espiritu, o kung hikayatin ka ng mga kapatid, o kung tanglawan ka ng Diyos. Walang magiging puwang para dito. Ito ang pinili mo. Bibigyan ka ng una, pangalawa, at pangatlong pagkakataon—kung pagkatapos ng tatlong pagkakataong magsisi ay hindi mo ito ginawa, hindi ka na magkakaroon ng mga pagkakataon sa hinaharap. Paano ka man gumawa at magbayad ng halaga, hindi nito maaantig ang Diyos—buo na ang isip Niya tungkol sa iyo. Ano na ang napagdesisyunan ng Diyos para sa iyo? Na pagseserbisuhin ka, na gagamitin ka; at pagkatapos kang gamitin, ilalagay ka Niya sa isang lugar kung saan ka kakastiguhin at parurusahan, gaya ng Kanyang napagdesisyunan. Paano ito nangyayari, ang pagdedesisyon ng Diyos nang ganito? Dahil ba ito sa iyong panandaliang pag-iisip? Batay ba ito sa iyong mga panandaliang ideya? Sa saglit mong pagtapak sa maling landas? Hindi; ibinabatay ito ng Diyos sa iyong mga pananaw na nasa kaibuturan ng iyong puso, sa iyong pangmatagalang saloobin sa katotohanan, at sa landas na napagdesisyunan mong tahakin. Napagdesisyunan mo nang kumilos nang ganito, at anuman ang sabihin ng sinuman, wala itong silbi; napagdesisyunan mo nang gamitin ang teoryang ito bilang pundasyon para sa landas na tatahakin mo sa hinaharap. At dahil nakapagdesisyon ka na, hindi ba't dapat itakda ng Diyos ang iyong kalalabasan? Ang iyong kalalabasan ay matagal nang naitakda; hindi na kailangan ng Diyos na maghintay hanggang sa wakas para gawin ito. Para sa ilang tao, palaging tinitingnan ng Diyos ang kanilang mga pagpapamalas—kapag sa wakas ay nakarating na ang mga taong ito sa dulo ng daan, ang kanilang mga kalalabasan sa huli ay itinatakda batay sa kanilang iba't ibang pagpapamalas. Ang ilang tao ay nakagawa ng mas maraming mabuting gawa kaysa sa masasama; nagkimkim sila ng mas maraming mabuti at positibong saloobin sa Diyos kaysa sa mga negatibo at masasamang saloobin, at batay sa sukat ng kabuuan ng kanilang iba't ibang pag-uugali at pagpapamalas, ang kanilang panghuling kalalabasan ay itinatakda. May iba, gayumpaman, na ang mga kalalabasan ay itinatakda ng Diyos pagkatapos ng isang sulyap sa landas na kanilang tinatahak. Kung ganoon, binibigyan ba ng Diyos ang mga tao ng pagkakataon bago itakda ang kanilang mga kalalabasan? Nagbibigay Siya. Ilan? Malamang na walang kongkretong numero. Depende ito sa kalikasang diwa ng isang tao, at batay rin ito sa kanyang paghahangad. Ang ilang tao ay puwedeng makakuha ng tatlong pagkakataon. Ang ilan ay hindi na matutubos, sobra silang hangal at matigas ang kalooban, at hindi talaga sila tumatanggap ng anumang katotohanan—itinakda na ang kanilang mga kalalabasan bago pa man sila magkaroon ng tatlong pagkakataon. Pero sa ilang tao, isinasaayos ng Diyos ang ilang kapaligiran para sa kanila batay sa kanilang mga kalagayan, at batay sa kanilang edad at mga bagay na pinagdaanan nila, maaaring bigyan Niya sila ng limang pagkakataon. Batay ito sa kanilang kalikasan, diwa, at saloobin habang tinatanggap ang katotohanan. Itinatakda ng Diyos ang kahihinatnan at patutunguhan ng isang tao batay sa mga bagay na ito.

Nangyayari sa mga tao ang lahat ng uri ng mga bagay, at kadalasan ay hindi nila alam kung paano harapin ang mga ito; ayos lang ba kung hindi sila nagsikap na maunawaan ang katotohanan? Madali para sa mga tao na tahakin ang maling landas kapag hindi nila nauunawaan ang katotohanan. Bakit Ko ito sinasabi? Namumuhay ang mga tao ayon sa mga tiwaling disposisyon ni Satanas, at ang mga bagay na lumalabas sa kalooban nila ay mga bagay na natural nilang ibinubunyag, at wala ni isa sa mga ito ang nakaayon sa katotohanan, o hindi taksil sa Diyos. Kaya, bakit dapat palagi silang nakikinig sa mga sermon? Ang palaging pakikinig sa mga sermon, pag-iisip sa mga ito, at pagsasapuso sa mga ito; ang palaging pagdarasal at paghahanap; ang pagharap sa Diyos nang may-takot-sa-Diyos na puso, nang may pusong may debosyon, nang may pusong nananabik sa katotohanan; ang pagkakaroon ng mga tiyak na oras bawat araw para sa mga debosyonal, panalangin, at pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos; at ang pakikipagbahaginan sa iba, at maayos na pakikipagtulungan sa iba para gumawa ng gawain; ang pagkilos bawat araw alinsunod sa mga prinsipyong ito, at paghawak sa mga ito bawat araw—tinitingnan ng Diyos kung ang mga detalyadong elementong ito ng pagsasagawa ng mga tao ay nagkakamit ng mga resulta. Maaaring magtanong ang ilan ng, “Hindi ba’t mga proseso lamang ang mga iyon?” Ano ang isang proseso? Hindi panlabas na mga bagay ang mga ito—puwede mo lang panghawakan ang mga bagay na ito kung mayroon kang puso na gawin ito. Kung wala ang pusong iyon, ilang araw mo mapanghahawakan ang mga iyon? Hindi mo mapanghahawakan ang mga ito. Ang ilang lider ay hindi kailanman kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos at hindi kailanman nakikibahagi sa mga debosyonal. Ano ang ibig sabihin nito? Na hindi sila mga tunay na mananampalataya. Kung hindi sila mga tunay na mananampalataya, paano sila naging mga lider? Sa ilang lugar, walang angkop para sa trabaho, kaya kailangang pagtiyagaang gamitin ng iglesia ang mga taong ito. Mali ang akala nila na, “Napili ako bilang lider. Magagawa ko pa rin ang gawaing ito nang hindi kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos—hangga’t may mga paa at bibig ang mga tao, magagawa nila ang gawaing ito.” Kalokohan ito. Hindi tinitingnan ng Diyos kung kaya mong gawin ang gawain—tinitingnan Niya kung ano ang nagawa mo. Ang gawaing kaya mong gawin, kaya ring gawin ng iba. Puwede itong gawin ng sinumang may kaunting normal na katalinuhan. Huwag mong isiping dahil napili ka bilang lider, at kaya mong gawin ang gawaing iyon, na garantisado na ang iyong tagumpay, na naperpekto ka na, na may pagkakataon ka nang makaligtas. Hindi iyon ganoon. Hindi kailanman tinitingnan ng Diyos kung gaano karami ang ginagawa mo; tinitingnan Niya ang iyong nagawa, ang landas na iyong tinatahak. Huwag mong lokohin ang sarili mo tungkol dito. Maaaring isipin mo na, “Napakaraming tao na hindi pinili, pero pinili ako. Mukhang namumukod-tangi ako, na mas mataas ang kakayahan ko at mas mahusay kaysa sa iba.” Ano ang mahusay sa iyo? Kahit na mahusay ka, tiyak na wala kang karapatan na hindi magsagawa sa katotohanan, at na kumilos nang labag sa katotohanan? Kahit na mahusay ka, tiyak na wala kang karapatang hindi makisali sa mga debosyonal o panalangin, at na hindi hanapin ang katotohanan

kapag kumikilos ka? Wala kang karapatan sa mga bagay na iyon. Walang katayuan o titulo ang iyong kapital. Iyon ay mga bagay na panandalian, mga bagay na panlabas. Tinitingnan ng Diyos ang iyong katapatan; tinitingnan Niya ang pagsasagawa mo sa katotohanan, ang paghahangad mo rito, at ang iyong saloobin tungkol dito; tinitingnan Niya ang iyong pagpapasakop; tinitingnan Niya ang iyong saloobin sa iyong tungkulin at sa iyong misyon. May ilang tao na maaaring nagsusumikap sa paggawa ng kanilang tungkulin, pero hindi nila ito ginagawa alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo. Kung sasabihin mo sa kanila na dapat silang kumilos alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo, lumalaban sila, nagagalit sila at hindi nila ito tinatanggap. Sa ganoon lang, nabunyag na sila. Ano ang nabunyag? Na hindi nila tinatanggap ang katotohanan. Anong uri ng mga tao sila, ang mga hindi tumatanggap sa katotohanan? Mga hindi mananampalataya. Ano ang pikit-matang pinagkakaabalahan ng mga hindi mananampalataya? Bakit sobrang puno sila ng lakas sa pagiging abala nila? May layon sila—nakikita nila na, “May pagkakataon para sa akin na maging opisyal dito, at kung magiging opisyal ako, puwede akong maging palamunin ng iglesia, at sambahin ng lahat. Ang ganda ng lugar na ito! Napakadaling makuha ng sustentong ito sa pagkain, at gayundin ang kasikatan at pakinabang; napakadaling makamit ng katayuang ito—sadyang napakadaling maging opisyal dito!” Hindi nila inakalang magiging “opisyal” sila sa buhay na ito. Pero kapag nawala sa kanila ang “posisyon” nila, ipinapakita nila ang kanilang tunay na kulay. Hindi na sila nagsisikap para sa sambahayan ng Diyos. Magagawa pa rin ba nilang magdusa at magbayad ng halaga? Hindi. Hindi ba sila nabunyag kung ganoon? Bigay-todo ang ilang tao kapag mayroon silang katayuan, nagsisikap at nagpapapawis, hindi nagrereklamo gaano man sila nagdurusa—pero sa sandaling wala na silang katayuan, nagiging negatibo sila, hanggang sa punto na pinananaigan sila ng kanilang pagkanegatibo. Hindi ba’t nabunyag sila kung gayon? Nabunyag sila ng katayuan. Kailangan pa ba silang isailalim sa mga pagsubok? Wala. Sige, tatapusin natin ang pagbabahaginan ngayon dito.

Oktubre 1, 2019

Ikawalong Aytem: Hinihimok Nila ang Iba na sa Kanila Lang Magpasakop, Hindi sa Katotohanan o sa Diyos (Ikalawang Bahagi)

Karagdagang Babasahin: Isang Maikling Pagtalakay Tungkol sa Tatlong Aspekto ng Normal na Pagkatao

Sa pagkakataong ito ay hindi tayo magkukuwento sa ating pagbabahaginan. Magsisimula tayo sa isang paksang madalas talakayin: kung ano ang pagkatao. Marami na tayong nasabi tungkol sa paksang ito dati, at ginagawa pa rin natin ito ngayon. Ito ay isang paksang madalas na binabanggit, isang isyung araw-araw na nakakatagpo ng isang tao sa kanyang pang-araw-araw na buhay, isang paksang maaaring makatagpo at maranasan ng isang tao araw-araw. Ang paksa ay kung ano ang pagkatao. Saklaw ng pagkatao ang ilang mahalagang bagay. Ano ang mga karaniwang pagpapamalas ng pagkatao sa pang-araw-araw na buhay ng isang tao? (Integridad at dignidad.) Ano pa? Konsensiya at katwiran, tama? (Oo.) Madalas ninyong nababanggit ang mga iyon. Ano ang iba pa na hindi ninyo madalas nababanggit? Ibig sabihin, alin ang mga paksang hindi ninyo talaga nababanggit sa inyong karaniwang pagtalakay tungkol sa pagkatao? Konsensiya at katwiran, integridad at dignidad—mga lumang paksa ito na madalas nakakatagpo ng isang tao. Gaano kalaki ang koneksiyon sa pagitan ng konsensiya, katwiran, integridad, at dignidad na madalas ninyong talakayin at ng inyong tunay na buhay? Paano nakapagpatibay at nakatulong ang materyal na iyon sa inyong pagsasagawa at pagpasok sa inyong tunay na buhay? Gaano ito naging kapaki-pakinabang? Kaya, ano pang ibang mga aytem ang mayroon na malapit na nauugnay sa inyong pang-araw-araw na normal na buhay ng tao? Sasabihin Ko ang ilan, at titingnan natin kung ang mga ito ay mga paksang palagi ninyong nakatatagpo. Sa materyal natin na may kinalaman sa pagkatao, isasantabi muna natin kung ang materyal ay positibo o negatibo, at kung ito ay nauugnay sa normal o abnormal na pagkatao. Higit pa sa mga aytem na kababanggit lang natin, nariyan ang isa tungkol sa saloobin ng mga tao sa pagtrato nila sa iba't ibang uri ng mga tao, pangyayari, at bagay sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Hindi ba't isa iyon? Hindi ba't may kinalaman iyon sa pagkatao? (May kinalaman nga.) May isa pa, na ang pangangasiwa ng mga tao sa kanilang mga personal na kapaligiran sa kanilang pang-araw-araw na buhay, at isa pa, ang saloobin at pag-uugali ng mga tao sa pakikipag-ugnayan nila sa mga kasalungat na kasarian. May kaugnayan ba ang tatlong aytem na ito sa pagkatao? (Oo.) May kinalaman itong lahat. Para sa paksang tatalakayin natin ngayon, isasantabi natin ang mga paksa ng paghahangad ng tao sa katotohanan, kung paano papasok sa katotohanang realidad sa pananampalataya ng isang tao sa Diyos, at kung paano itataguyod ang lahat ng iba't ibang prinsipyo, at magsasalita lang ng tungkol sa pagkatao. Kaya, ang tatlong aytem na iyon—mahalaga ba ang koneksiyon ng mga ito sa pagkatao? (Oo.) Ano ang tatlong aytem na iyon? Ipahayag muli ang mga

ito. (Ang una ay ang saloobin ng mga tao sa kanilang pagtrato sa iba't ibang uri ng mga tao, pangyayari, at bagay sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Ang pangalawa ay ang pangangasiwa ng mga tao sa kanilang mga personal na kapaligiran sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Ang pangatlo ay ang saloobin at pag-uugali ng mga tao sa pakikipag-ugnayan nila sa mga kasalungat na kasarian sa kanilang pang-araw-araw na buhay.) At ano ang nakapaloob sa tatlong aytem na iyon? (Pagkatao.) Bakit sinasabi nating nakapaloob sa tatlong aytem na ito ang pagkatao, na nauugnay ang mga ito rito? Bakit natin tatalakayin ang tatlong ito? Bakit hindi natin pinag-uusapan ang bahaging tungkol sa konsensiya at katwiran? Bakit isinasantabi natin ang mga aspektong karaniwan nating tinatalakay para pag-usapan ang tatlong aytem na ito? Mas mataas ang antas o mas primitibo ba ang tatlong aytem na ito kaysa sa konsensiya, katwiran, integridad, at dignidad na nauugnay sa pagkatao, na dati na nating tinalakay? (Mas primitibo ang mga ito.) Pangmamaliit ba sa inyo ang talakayin ang mga bagay na ito? (Hindi.) Kaya, bakit natin tatalakayin ang mga ito? (Praktikal ang mga ito.) Mas praktikal ang mga ito. Iyan ang dahilang mayroon kayo? Bakit natin ito pag-uusapan? Dahil nakakita Ako ng mga problema; tungkol sa mga kasalukuyang kondisyon at iba't ibang pag-uugali na lumalabas sa pang-araw-araw na buhay ng mga tao, nakakita Ako ng kaunting problema na malapit na nauugnay sa tunay na buhay ng mga tao, at kinakailangang ilatag ang mga ito, isa-isa, para sa pagbabahaginan. Kung isasantabi ng mga tao ang tunay na buhay, at ang iba't ibang pag-uugali ng normal na pagkatao at ng pang-araw-araw na buhay, sa kanilang pananampalataya sa Diyos, at masugid lang na hahangarin ang katotohanan—ang gayong malalalim na katotohanan gaya ng pagiging isang taong mahal ng Diyos—sabihin ninyo sa Akin, anong mga problema ang kahahantungan niyon? Ano ang pangunahing kondisyon na kung saan ang isang tao ay maaaring makapasok sa katotohanang realidad sa kanyang paghahangad sa katotohanan? (Kailangan niyang gawin ito sa tunay na buhay.) Ano pa? (Kailangan niya ng normal na pagkatao.) Tama iyon—dapat nagtataglay siya ng normal na pagkatao, na, bukod sa konsensiya, katwiran, integridad, at dignidad, ay binubuo ng tatlong aytem na kababanggit lang natin. Magiging medyo hungkag para sa isang tao na magsalita tungkol sa paghahangad at paghahanap sa katotohanan kung hindi niya maaabot ang mga pamantayan o makakamit ang normalidad sa tatlong aytem na ito na nauugnay sa pagkatao. Ang paghahangad sa katotohanan, paghahangad na makapasok sa katotohanang realidad, paghahangad ng kaligtasan—hindi ito kayang makamit ng lahat, kundi ng minorya lang ng mga taong nagmamahal sa katotohanan at may normal na pagkatao. Kung hindi alam ng isang tao kung ano ang dapat taglayin ng isang taong may normal na pagkatao, o kung ano ang dapat niyang gawin, o kung anong uri ng saloobin at pananaw ang dapat niyang taglayin tungkol sa partikular na mga tao, pangyayari, at bagay, may kakayahan ba ang taong iyon na makamit ang pagpasok sa katotohanang realidad? Maaari bang magbunga ng mga resulta ang paghahangad niya sa katotohanan? Sa kasamaang palad, hindi.

A. Ang Saloobin ng mga Tao sa Pagtrato Nila sa Iba't Ibang Uri ng mga Tao, Pangyayari, at Bagay

Magsisimula tayo sa pagbabahaginan sa unang aytem na kinapapalooban ng pagkatao: ang saloobin ng mga tao sa kanilang pagtrato sa iba't ibang uri ng mga tao, pangyayari, at bagay sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Nauunawaan ng lahat kung ano ang ibig sabihin ng “pang-araw-araw na buhay.” Hindi nito kailangan ng elaborasyon. Ano, kung gayon, ang mga pangunahing tao, pangyayari, at bagay na nauugnay sa pagkatao? Ibig sabihin, ano ang naroroon na umaangat sa antas ng normal na pagkatao, na may kaugnayan sa saklaw nito, na may kinalaman dito? (Pakikipag-ugnayan sa mga tao at bagay.) Bahagi iyon nito. Naroon din ang kaalaman at mga propesyonal na kasanayan na dapat matutunan ng isang tao, at naroon ang pangkalahatang kaalaman para sa pang-araw-araw na pamumuhay. Ang lahat ng ito ay bahagi ng kung ano ang dapat maunawaan at taglayin ng isang taong may normal na pagkatao. Ang ilang tao, halimbawa, ay natututo ng pagkakarpintero o pagmamason, at ang iba ay natututong magmaneho o magkumpuni ng mga sasakyan. Ang mga ito ay mga kasanayan, kakayahang teknikal, at ang malaman ang gayong kakayahang teknikal ay ang maging bihasa sa propesyonal na trabaho ng kakayahang teknikal na iyon. Kaya, sa anong antas at anong pamantayan dapat matutunan ng isang tao ang isang kasanayan para maituring bilang isang dalubhasa? Kahit papaano ay dapat siyang makabuo ng isang tapos na produkto sa isang katanggap-tanggap na pamantayan. May ilang tao na gumagawa ng medyo palpak na trabaho. Hindi umaabot sa pamantayan ang mga trabahong ginagawa nila, hanggang sa punto pa nga ng pagiging masakit sa mata tingnan. Ano ang problema roon? May kinalaman ito sa saloobin nila sa kanilang trabaho. Walang mapanagutang saloobin ang ilang tao. Iniisip nilang, “Kung nagagawa ng bagay na ginagawa ko ang trabaho nito, sapat na iyon. Pagtiyagaan mo lang ito sa loob ng ilang taon, pagkatapos ay kumpunihin mo ito.” Ito ba ang uri ng pananaw na dapat taglayin ng mga taong may normal na pagkatao? (Hindi.) Ang ilang tao ay may mga saloobin na bahala na at walang pakialam. Ayos na sa kanila ang “puwede na.” Iresponsableng saloobin ito. Isang bagay sa loob ng isang tiwaling disposisyon ang pagharap sa mga bagay-bagay nang walang galang at iresponsable: Kasalulaan ang madalas na tawag ng mga tao rito. Sa lahat ng bagay na kanilang ginagawa, ginagawa nila ito sa puntong “tama lang iyan” at “puwede na”; ito ay isang saloobin ng “siguro,” “posible,” at “malamang”; ginagawa nila ang mga bagay-bagay nang pabasta-basta, nasisiyahan na silang gumawa sa pinakamababang paraan, at nasisiyahan sa pagpapanggap para lang makalusot; wala silang nakikitang dahilan para seryosohin ang mga bagay-bagay o maging metikuloso, at lalong wala silang nakikitang dahilan para hanapin ang mga katotohanang prinsipyo. Hindi ba ito isang bagay na nasa loob ng isang tiwaling disposisyon? Pagpapamalas ba ito ng normal na pagkatao? Hindi. Tama lamang na tawagin itong kayabangan, at angkop na angkop ding tawagin itong imoral—ngunit para tumpak itong mailarawan, ang

tanging salitang angkop ay “salaula.” Karamihan ng mga tao ay may kasalaulaan sa loob nila, iba-iba lamang ang antas. Sa lahat ng bagay, nais nilang gawin ang mga bagay-bagay sa pabasta-basta at walang-ingat na paraan, at may bakas ng panlilinlang sa lahat ng ginagawa nila. Dinadaya nila ang iba tuwing may pagkakataon sila, nilalaktawan ang ilang hakbang hangga’t kaya nila, nagtitipid ng oras kapag kaya nila. Iniisip nila sa kanilang sarili, “Hangga’t maiiwasan kong mabunyag, at walang idinudulot na mga problema, at hindi ako pinananagot, mairaraos ko ito. Hindi ko kailangang gumawa ng isang napakahusay na trabaho, masyadong abala iyon!” Ang gayong mga tao ay hindi nagpakadalubhasa sa anuman, at hindi sila nagsisikap o nagdurusa at nagbabayad ng halaga sa pag-aaral nila. Gusto lang nilang mababaw na matutunan ang isang paksa at pagkatapos ay tinatawag ang sarili nila na bihasa roon, naniniwala na natutuhan na nila ang lahat ng dapat malaman, at pagkatapos ay umaasa sila rito upang makaraos lang. Hindi ba’t ganito ang pag-uugali ng mga tao sa ibang mga tao, pangyayari, at bagay? Mabuti ba ang ganitong pag-uugali? Hindi. Sa madaling salita, ito ay ang “makaraos lang.” Ang gayong kasalaulaan ay umiiral sa lahat ng tiwaling sangkatauhan. Ang mga taong may kasalaulaan sa kanilang pagkatao ay may pananaw at saloobing “makaraos lang” sa anumang bagay na ginagawa nila. Nagagawa ba nang tama ng gayong mga tao ang kanilang tungkulin? Hindi. Nagagawa ba nila ang mga bagay-bagay nang may prinsipyo? Lalong malamang na hindi.

May ilang tao na hindi nakatuon sa anumang ginagawa nila, kundi pabaya, pabasta-basta, at iresponsable. May ilan, halimbawa, na natututong magmaneho, pero hindi kailanman nagtatanong sa mga bihasang drayber kung ano ang dapat bigyang-pansin kapag nagmamaneho, o kung anong bilis ang makakasira sa makina. Hindi sila nagtatanong, nagmamaneho lang sila—at nasisira nila ang sasakyan nila bilang resulta. Sinisipa nila ang sasakyan at sinasabing, “Marupok ang bagay na ito. Bigyan mo ako ng isang Mercedes o isang BMW, hindi katanggap-tanggap ang lumang depektibong sasakyan na ito—lipas na ito!” Anong saloobin iyon? Hindi nila tinatrato ang mga materyal na bagay nang may mapagmahal na pag-aalaga, at hindi nila iniisip na panatilihin ang mga ito sa mabuting kalagayan, kundi sinasadyang wasakin at sirain ang mga ito. Pabaya at walang ingat na namumuhay ang ilang tao. Ginagawa nila ang lahat, buong araw, sa isang pabaya, walang ingat na paraan. Anong uri ng mga tao ito? (Mga taong walang pakialam.) Ang “mga taong walang pakialam” ay isang magandang paraan para sabihin ito—dapat tawagin mo silang “mga taong pabaya”; angkop din ang “mabababang uri ng tao.” Sobra ba iyon? Paano masasabi ng isang tao ang kaibahan sa pagitan ng marangal at mababang-uri na mga tao? Tingnan lamang ang kanilang pag-uugali at ang kanilang ikinikilos sa mga tungkulin, at kung paano nila tinatrato ang mga bagay, at kung paano sila umaasal kapag nagkakaroon ng mga problema. Ang mga taong may integridad at dignidad ay metikulo, mapanagutan at masipag sa kanilang mga kilos, at handa silang magbayad ng halaga. Ang mga taong walang integridad at dignidad ay walang-ingat at padaskol kumilos, laging nanloloko, laging gustong magpabasta-basta. Anumang

pamamaraan ang inaaral nila, hindi nila ito masigasig na pinag-aaralan, hindi nila ito matutunan, at gaano man katagal nila itong pag-aralan, nananatili silang lubos na mangmang. Ito ang mga taong mababa ang karakter. Pabasta-basta sa paggawa ng mga tungkulin ang karamihan ng mga tao. Anong disposisyon ang gumagana roon? (Pagiging salaula.) Paano tinatrato ng mga salaulang tao ang kanilang tungkulin? Siguradong wala silang tamang saloobin dito, at siguradong pabasta-basta sila rito. Nangangahulugan ito na wala silang normal na pagkatao. Parang mga hayop ang mga napakasalaulang tao. Parang pag-aalaga ito ng isang aso: Kung hindi mo ito babantayan, ngangatngatin nito ang mga bagay-bagay at sisirain ang lahat ng iyong kasangkapan at kagamitan. Magiging kawalan iyon. Mga hayop ang mga aso; hindi iniisip ng mga ito na tratuhin ang mga bagay nang may mapagmahal na pangangalaga, at hindi mo maaaring panagutin ang mga ito para sa mga bagay—kailangan mo lang pangasiwaan ang mga ito. Kung hindi mo ito gagawin, at sa halip ay hahayaan ang isang hayop na magwala at guluhin ang iyong buhay, ipinapakita niyon na may isang bagay na nawawala sa iyong pagkatao. Hindi ka gaanong naiiba sa isang hayop, kung gayon. Napakababa ng iyong IQ—wala kang kuwentang tao. Kaya, paano mo pangangasiwaan nang maayos ang mga ito, kung ganoon? Kailangan mong mag-isip ng paraan para pigilan ang mga ito sa loob ng ilang partikular na hangganan, o panatilihin ang mga itong nakakulong, palabasin ang mga ito sa dalawa o tatlong nakatakandang oras bawat araw, para magkaroon ang mga ito ng sapat na aktibidad. Mapipigil niyon ang walang habas na pagngatngat ng mga ito, at mabibigyan din ang mga ito ng ehersisyo, para mapanatiling malusog ang mga ito. Sa ganoong paraan, maayos na napapangasiwaan ang aso, at napoprotektahan din ang iyong kapaligiran. Kung hindi napapangasiwaan ng isang tao ang mga bagay na nakakaharap niya at wala siyang tamang saloobin, may nawawala sa kanyang pagkatao. Hindi nito maaabot ang pamantayan ng normal na pagkatao. O, pagdating sa pagluluto: gumagamit lang ng kaunting mantika ang mga ordinaryong tao kapag naggigisa sila, pero may ilang babae na gumagamit ng marami. Kahit na mayaman ka, hindi ka dapat magsayang ng mantika—kailangan mong gumamit ng katamtamang dami. Pero walang pakialam diyan ang mga babaeng ito; kung nabitiwan nila at naibuhos ang napakaraming mantika sa ginigisa, sasandukin lang nila ang sobra at itatapon ito sa lupa. Maaksaya iyon, hindi ba? Ano ang popular na tawag sa taong may ganoong saloobin sa mga materyal na bagay? “Maluho”—o, bilang isang insulto, isang “gastador.” Saan nagmumula ang mga materyal na bagay? Ibinigay ng Diyos ang mga ito. Sinasabi ng ilang tao na pinaghirapan nila ang mga bagay na kanila—pero gaano kalaki ba ang kikitain mo kung hindi ito ibinigay ng Diyos? Ibinigay Niya sa iyo ang iyong buhay. Kung hindi Niya ibinigay sa iyo ang iyong buhay, wala kang tataglayin at ikaw ay magiging wala, kaya magkakaroon ka pa rin ba ng mga materyal na bagay? Maaaring binigyan ka ng Diyos ng higit pa kaysa sa karaniwang sambahayan, pero tama ba ang saloobin at pananaw mo sa pag-aaksaya nito? Paano ito matutukoy kaugnay sa pagkatao? Ang gayong tao ay may mababang pagkatao. Ang pagiging maluho, pag-aaksaya ng mga bagay, hindi pagkaalam kung

paano tratuhin ang mga bagay nang may mapagmahal na pangangalaga—ang gayong tao ay walang normal na pagkatao. Hindi man lang nga iniisip ng ilang tao na pangasiwaan ang mga bagay ng sambahayan ng Diyos nang may pag-iingat. May bagay na nabibilang sa sambahayan ng Diyos. Nakikita nila ito. Pero kung uulan na, at makakasama kung mabasa ang bagay na iyon, ano ang iisipin nila? “Hindi malaking bagay kung mabasa ito. Hindi naman ito sa akin. Hahayaan ko ito.” Pagkatapos, aalis na sila. Ano ang tawag sa saloobing iyon? Pagiging makasarili. Matuwid ba sila sa kanilang pag-iisip? Kung hindi, ano sila? (Baliko.) Kung ang isang tao ay hindi matuwid, hindi ba’t baliko siya? May normal bang pagkatao ang mga taong hindi matuwid sa kanilang pag-iisip? Siguradong wala. Para sa ating unang aytem, ang saloobin ng mga tao sa kanilang pagtrato sa iba’t ibang uri ng tao, pangyayari, at bagay, ilang bagay na ba ang napag-usapan na natin ngayon? May pagiging salaula, salaula. Ano pa? (Pagiging napakababa at baliko.) Ang gayong kolokyal na lengguwahe—gumagamit ba kayo ng mga salitang tulad ng mga ito kapag pinagninilayan, kinikilala, at hinihimay ninyo ang inyong sarili sa inyong pang-araw-araw na buhay? (Hindi.) Walang gumagawa nito. Kaya, anong mga salita ang ginagamit ninyo? Nagsasalita kayo sa magagarbong salita—walang gumagamit ng ganoong pang-araw-araw na pananalita.

Nararamdaman ng maraming tao na medyo dakila sila dahil nananampalataya sila sa Diyos. Ang mga may ilang kasanayan at propesyonal na kaalaman, o mga mataas na degree pa nga, sa partikular, ay nararamdamang nakahihigit sila sa mga ordinaryong tao. Dahil nalulugod sa sarili nila, iniisip nila, “Binitiwang ko pa nga ang solidong propesyon na mayroon ako sa mundo, at hindi ako pumunta sa sambahayan ng Diyos para sa libreng pagkain. Makapagbibigay ng kontribusyon sa sambahayan ng Diyos ang isang taong may kasanayan na tulad ko. Ginugugol ko ang sarili ko at nagdurusa ako para sa Diyos. Kasama ko pa nga sa silid at kasalo sa pagkain ang mga karaniwang taong ito, sa komunal na pamumuhay. Gaano kadakila ang aking kalidad!” Iniisip nila na may bukod-tangi silang marangal na integridad, na mas marangal sila kaysa sa iba pa. Palagi nila itong ikinagagalak. Ang katunayan ay napakaraming bagay ang nawawala sa kanilang pagkatao, at hindi lang sa hindi nila ito alam, nasa alapaap sila, iniisip na dakila sila, na mas dakila ang karakter nila kaysa sa mga ordinaryong tao. Sa katunayan, wala ni isang bagay roon na makakatugon sa depinisyon ng salitang “normal” na nauuna sa “pagkatao” sa “normal na pagkatao.” Wala roon ang pasok sa pamantayang iyon; ang lahat ay lubhang nagkukulang. Ang konsensiya nila? Wala sila niyon. Ang karakter nila? Hindi ito mabuti. Ang integridad at mga katangian nila? Wala sa mga ito ang mabuti. Dahil sama-sama silang naninirahan, kapag ang ilang tao ay may isang bagay na mahalaga sa kanila, hindi sila mangangahas na iwan ito sa labas. Bakit ganoon? Ang isang panig nito ay iyong hindi nila pinagkakatiwalaan ang iba, at ang isa pa ay kapag maraming tao, may mga taong hindi mapagkakatiwalaan, at ang ilan sa kanila ay maaaring may malilikot na kamay—baka nga magnakaw pa sila. Ang mga taong ito ay may mababang karakter. May ilang tao na pinipili ang pinakamasasarap na piraso ng pagkain kapag kumakain

sila, at kinakain nila iyon hanggang sa mabusog sila, gaano man karaming tao ang susunod pa sa kanila na hindi pa nakakakain. Hindi ba't iyon ay masyadong makasarili? May ilan na isinasaalang-alang ang iba kapag kumakain sila. Ano ang inilalarawan nito? Ipinapakita nito na ang huli ay mga makatwirang tao na iniisip ang iba. Kakain sila nang mas kaunti, para makapag-iwan ng ilan para sa iba. Iyon ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng kalidad. Sa sambahayan ng Diyos, may pagkatao ang ilang tao, habang ang ilan ay medyo nagkukulang. Ni hindi nga nila maabot ang mga pamantayan ng normal na pagkatao. Sa pag-iisip sa mga pag-uugaling nabanggit Ko, marami ba sa inyo ang mga tao na may normal na pagkatao? O hindi ganoong karami? Kapag karaniwang ipinapakita ninyo ang gayong mga pag-uugali, may kakayahan ba kayo na mapagtanto na mga problema ang mga ito? Kapag nagbubunyag ka ng isang tiwaling disposisyon, alam mo ba ito? Kung alam mo ito, at nararamdaman mo ito, at handa kang magbago, mayroon kang kaunting pagkatao—hindi pa lang nito nakakamit ang pagiging normal. Kung hindi mo man lang ito nalalaman, maituturing ka bang isang taong may pagkatao? Hindi. Hindi ito kuwestiyon ng mabuti o masamang pagkatao, normal o abnormal—wala kang pagkatao. Tuwing kainan, halimbawa, may ilang tao na nakakakita ng isang plato ng estofadong baboy na inilalabas at nagsisimulang sunggaban ito, ang parehong mataba at malaman na mga piraso, at hindi sila titigil hanggang sa maubos ang lahat. Nakakita na ba kayo ng mga hayop na nag-aaway dahil sa pagkain? (Oo.) Parehong eksena ito, pero sa mga hayop; sa mga tao, bahagi ba ng normal na pagkatao ang pag-aaway na iyon? (Hindi ito normal na pagkatao.) Ano ang gagawin ng mga tao na may normal na pagkatao? (Makukontento sila sa kung ano ang mayroon sila, at hindi sakim.) Ganyan ang medyo makatotohanang paraan para sabihin ito. Paanong hindi magiging sakim ang isang tao, kung gayon? Anong mga kaisipan at anong pagsasaalang-alang sa isyung ito ang bumubuo sa pag-iisip na dapat taglayin ng mga taong may normal na pagkatao, para makapagpapatuloy kumilos ang isang tao nang may katumpakan? Una, tama dapat ang iyong pag-iisip. Ang isang babae, halimbawa, ay mag-iisip, “Maraming estofadong baboy ngayon. Gusto ko pa, pero medyo nahihiya ako, dahil napalilibutan ako ng aking mga kapatid na lalaki. Anong dapat kong gawin? Sa palagay ko ay maghihintay akong kumain hanggang sa nakakain na sila. Ayaw kong pagtakhan ng iba kung paano naging matakaw ang isang babaeng tulad ko. Nakakahiya kaya iyon!” Normal para sa isang babae ang mag-isip nang ganoon, dahil sa pangkalahatan ay medyo sensitibo sila. Karamihan sa mga lalaki ay mag-iisip, “Ang sarap ng estofadong baboy na iyon. Mauuna na ako at kukuha para sa sarili ko.” Mauuna silang kumuha gamit ang kanilang mga chopstick, walang pakialam sa kung ano ang iniisip ng iba. Pero mas makatwiran ang ilang lalaki kaysa ryan. Pagkatapos nilang makasubo, medyo pag-iisipan nila ito: “Napakaraming tao na kasunod ko ang hindi pa nakakakain. Kailangan kong huminto at mag-iwan ng ilan para sa iba.” Ang katunayang nakakapag-isip at nakakakilos sila nang ganoon ay nagpapakita na sila ay mga taong may katwiran, na likas na may normal silang pagkatao. May ilang tao na lumilihis sa kakatwang direksiyon:

“Ayaw ng Diyos na kumain ang mga tao ng estofadong baboy, kaya hindi ako kakain ng kahit isang subo. Ibig sabihin niyon na may mas higit pa akong pagkatao, hindi ba?” Katawa-tawang pag-iisip iyon. Ano ang ipinapakita Ko sa halimbawang ito? Na dapat magtaglay ang mga tao ng tamang saloobin sa bawat uri ng tao, pangyayari, at bagay. Nagkakaroon ang isang tao ng tamang saloobin na ito sa pamamagitan ng pag-iisip na isinagawa mula sa perspektiba ng pagkamakatwiran, konsensiya, integridad, at dignidad ng pagkatao. Kung magsasagawa ka nang may ganitong uri ng pag-iisip, karaniwang naaayon ka sa normal na pagkatao.

Ang saloobin na mayroon ang isang tao sa mga tao, pangyayari, at bagay ay walang iba kundi kung paano naipamamalas sa kanilang pang-araw-araw na buhay ang pakikipag-ugnayan sa mga tao at bagay. Maaaring walang gaanong kinalaman ang mga pagpapamalas na ito sa gawaing dapat mong gawin, o maaaring malayo ang mga ito rito, pero hindi hungkag ang pananampalataya sa Diyos: hindi nabubuhay sa isang kawalan ang mga mananampalataya sa Diyos, kundi sa tunay na buhay. Hindi sila dapat ihiwalay sa tunay na buhay. Anong uri ng saloobin at pag-iisip ang dapat na taglayin ng mga tao, maging ito man ay sa mga propesyonal na kasanayan o sa karaniwang karunungan o kaalaman tungkol sa isang bagay? Tama bang palaging magkaroon ng pag-iisip na makaraos lang? May ilang tao na palaging naguguluhan tungkol sa mga bagay na ito—gagana ba iyon? Wala ba silang problema sa pananaw nila? Ang problema sa pananaw nila ay bahagi nito; maliban pa ryan, may kinalaman ito sa kanilang karakter. Pinamunuan ng malaking pulang dragon ang Tsina sa loob ng libo-libong taon, palaging nakikibahagi sa mga kampanya at pakikibaka. Hindi nito pinauunlad ang ekonomiya, at hindi nito iniisip ang buhay ng mga karaniwang tao. Sa kalaunan, nagtaguyod ang mga tao ng isang uri ng pagiging salaula na nagpapatangay lang. Sa lahat ng ginagawa nila, pabasta-basta sila, at may maikling perspektiba. Hindi nila nilalayon ang kahusayan sa alinman sa kanilang pag-aaral, at hindi nila ito makakamit. Palagi silang kumikilos nang may maikling perspektiba: Tinitingnan nila kung ano ang kailangan ng merkado, pagkatapos ay nagmamadaling gawin ito, nang hindi man lang nag-iisip hanggang sa yumaman sila. Hindi na sila umuunlad pa mula sa pundasyong ito, o gumagawa ng karagdagang siyentipikong pananaliksik, o nagsusumikap para sa mas perpektong kahusayan, na may wakas na resulta na ang magagaan at mabibigat na industriya ng Tsina at ang bawat isang sektor ay parehong walang mga makabagong produkto sa pandaigdigang entablado. Gayumpaman ay hambog ang mga Tsino: “May 5,000 taon kami ng pinakamagaling na tradisyonal na kultura dito sa Tsina. Kaming mga Tsino ay mabait at masipag.” Bakit, kung gayon, patuloy na gumagawa ang Tsina ng mga peke para dayain ang mga tao? Bakit halos wala silang anumang bagay na maaaring makipagkompetensiya sa pandaigdigang merkado? Ano ang nangyayari roon? May mga makabagong produkto ba ang Tsina? May isang “makabagong” bagay ang mga Tsino, at iyon ay ang kanilang kahusayan sa imitasyon at pamemeke—sa panlilinlang. Makikita ang pagiging salaula nila roon. Sasabihin ng ilan na, “Bakit ganoon Mo kami

inilalarawan? Sa palagay Mo ba hindi kami nito minamaliit at niyuyurakan?” Ganoon ba? Kung titingnan ang ilan sa mga bagay na ginagawa ng mga Tsino, masasabing talagang angkop ang paglalarawan. May sinumang Tsino ba, sa merkado o sa mga karaniwang tao, ang umaasikaso sa kanilang nararapat na gawain? Napakakaunti, at para sa ilan na talagang sumusubok na asikasuhin ang kanilang marapat na gawain, kapag nakikita nila kung gaano kahirap ang kapaligirang panlipunan, at na walang kabutihang napapala mula rito, tumitigil sila sa pagsubok at sumusuko.

Ang mga bagay na may kinalaman sa pagkatao—ang mga saloobin, kaisipan, at opinyon na ibinubunyag ng mga tao sa kanilang pagtrato sa ibang mga tao, pangyayari, at bagay—ay napakalinaw. Ano ang sinasabi ng mga ito? Sinasabi ng mga ito kung paano makikita ang karakter ng isang tao, kung sila ay isang disente at matuwid na tao. Ano ang maging disente at matuwid? Ang pagiging tradisyonal ba ay disente at matuwid? Ang pagiging sibil at may mabuting asal ba ay disente at matuwid? (Hindi.) Ang pagsunod ba sa mga tuntunin nang eksakto ay disente at matuwid? (Hindi.) Wala ito sa mga ito. Kaya, ano ang pagiging disente at matuwid? Kung ang isang tao ay isang disente at matuwid na tao, anuman ang kanilang gawin, ginagawa nila ito nang may isang partikular na mentalidad: “Hindi mahalaga kung gusto ko mang gawin ang bagay na ito o hindi, o kung ito ay nasa saklaw ng aking mga interes o isang bagay na mayroon akong kaunting interes—ibinigay ito sa akin para gawin, at gagawin ko ito nang mabuti. Sisimulan ko itong pag-aralan mula sa simula, at sa praktikal na paraan ay gagawin ko ito nang paisa-isa. Sa huli, gaano man kalayo ang narating ko sa gampanin, nagawa ko ang lahat ng aking makakaya.” Kahit papaano, dapat kang magtaglay ng isang uri ng praktikal na saloobin at mentalidad. Kung, mula sa sandaling tinanggap mo ang isang gampanin, ginagawa mo ito nang naguguluhan at hindi mo ito pinapahalagahan nang kahit kaunti—kung hindi mo ito taimtim na tinatrato, at hindi sumasangguni sa mga nauugnay na mapagkukunan, gumagawa ng mga detalyadong paghahanda, o naghahanap at kumukonsulta sa iba; at kung, higit pa ryan, hindi mo dinaragdagan ang oras na iyong ginugugol sa pag-aaral ng bagay na ito para patuloy mo itong mapaghusay, nagkakamit ng kadalubhasaan sa kasanayan o propesyong ito, pero nagpapanatili ng isang mas pabayang saloobin dito at isang saloobin na makaraos lang sa iyong pagtrato rito, isang problema ito sa iyong pagkatao. Hindi ba’t ito ay para makaraos lang? Sinasabi ng ilan, “Hindi ko gusto kapag binibigyan mo ako ng ganitong uri ng tungkulin.” Kung hindi mo ito gusto, huwag itong tanggapin—at kung tinatanggap mo ito, dapat mo itong harapin nang may taimtim, responsableng saloobin. Iyon ang uri ng saloobin na dapat mong taglayin. Hindi ba’t ito ang saloobin na dapat taglayin ng mga taong may normal na pagkatao? Ito ay ang pagiging disente at matuwid. Sa aspektong ito ng normal na pagkatao, kinakailangan mo, kahit papaano, ang pagiging maasikaso, pagiging mapanagutan, at ang kahandaang magbayad ng halaga, kasama ang mga saloobin ng pagiging praktikal, taimtim, at responsable. Ang magkaroon ng mga bagay na ito ay sapat na.

May lahat ng uri ng tao sa iglesia. Ang mga nagmamahal sa katotohanan ay may mas mabuting pagkatao, at kapag sila ay nagbunyag ng isang tiwaling disposisyon, kaagad silang naitatama. Ang mga walang pagmamahal sa katotohanan ay may mas masahol pang pagkatao. Kung ang isang tao ay hindi nagseseryoso sa gawain at iresponsable sa atas ng Diyos, hindi ba't hindi siya karapat-dapat sa kredito? Ang ganoong pagkatao ay walang kuwenta at walang halaga. Ito ay hamak. Nananampalataya ka sa Diyos. Kung haharapin mo ang iyong atas nang may pabasta-basta at iresponsableng saloobin, maging atas man ito sa iyo ng Diyos o ng iglesia, ang iyong saloobin ba ay ang dapat taglayin ng isang taong may normal na pagkatao? Maaaring sabihin ng ilan, "Hindi ko sineseryoso ang mga bagay na ibinibigay sa akin ng mga kapatid, pero ginagarantiya ko na magtatagumpay ako sa mga bagay na ipinagagawa sa akin ng Diyos. Tatratuhin ko ang mga iyon nang maayos." Iyon ba ang tamang sentimyento? (Hindi.) Sa anong paraan ito hindi tama? Isang tao na hindi mapagkakatiwalaan at kulang sa kabutihan, na may pagkatao na kulang sa mga bagay na ito—kanino siya maaaring maging totoo? Walang sinuman. Kahit sa sarili niyang mga usapin, nandaraya siya at nagiging pabasta-basta. Hindi ba't napakababa at walang kuwenta ang taong ganyan? Kung kaya ng isang tao na ilapat ang kanyang sarili at umako ng responsabilidad at maging mapagkakatiwalaan sa mga bagay na iniaatas sa kanya ng ibang tao para gawin, magiging mas malala pa ba ang gagawin niya sa isang atas na tinanggap niya mula sa Diyos? Kung siya, isang tao na may konsensiya at katwiran, ay nakauunawa sa katotohanan, hindi siya dapat gumawa nang mas masahol pa sa isang atas na tinanggap niya mula sa Diyos at sa pagganap ng kanyang tungkulin. Mas mahusay ang gagawin niya, panigurado, kaysa sa mga walang konsensiya na walang kabutihan. Iyon ang pagkakaiba sa kanilang karakter. Sinasabi ng ilan, "Hindi ko seseryosohin kung hihingin mo sa akin na mag-alaga ng aso o pusa, pero kung aatasan ako ng isang mahalagang bagay para sa sambahayan ng Diyos, gagampanan ko ito nang maayos, panigurado." Totoo ba ito? (Hindi.) Bakit hindi? Kung ang isang tao ay may tamang pananaw, sa parehong malalaki at maliliit na usapin, anuman ang kanyang maging atas, at kung tama siya sa puso at marangal sa kalidad, at may integridad, at mapagkakatiwalaan, at moral sa pag-asal, mahalaga iyon, at kakaiba iyon. Tinutugunan ng gayong mga tao ang anumang bagay ng kanilang moralidad at ng kanilang pagiging mapagkakatiwalaan. Kung sasabihin ng isang tao na walang moralidad at hindi karapat-dapat pagkatiwalaan, "Kung direkta akong aatasan ng Diyos ng isang bagay, siguradong mapapangasiwaan ko ito nang maayos," magiging makatotohanan ba iyon? Magiging medyo labis at mapanlinlang ito. Paano ka magiging mapagkakatiwalaan sa iba nang walang konsensiya o katwiran? Tunog hungkag ang iyong mga salita—panlilinlang ang mga ito. Dating may dalawang maliit na aso ang sambahayan ng Diyos, para bantayan ang isang lugar. Isinaayos ang isang tao para bantayan ang mga ito, at inalagaan niya ang mga ito, at pinangasiwaan ang mga ito na parang sa kanya. Hindi masyadong mahilig sa mga aso ang taong iyon, pero inalagaan niya ang mga ito nang maayos. Kapag nagkasakit ang isang aso, ginagamot niya ito, at pinaliliguan niya ito, at

pinakakain niya ito sa tamang oras. Maaaring hindi niya ginusto ang mga aso, pero tinanggap niya ang pag-aalaga sa mga aso bilang kanyang atas at responsabilidad. Hindi ba't may isang bagay roon na dapat nasa pagkatao? Mayroon siyang pagkatao, kaya ginawa niya nang maayos ang bagay. Kalaunan ay ipinasa ang dalawang aso sa pangangalaga ng iba, at sa loob ng isang buwan, naging sobrang payat ng mga ito. Ano ang nangyari? Walang nagmalasakit o nakapansin nang nagkasakit ang mga aso, at nakaapekto ang kalungkutan ng mga ito sa gana nilang kumain. Ganoon nangayayat ang mga ito; ganoon inalagaan ng taong iyon ang mga ito. May pagkakaiba ba sa pagitan ng mga tao? (Oo.) Saan? (Sa kanilang pagkatao.) Ang tao ba na maayos na nag-alaga sa mga aso ay nakauunawa ng maraming katotohanan? Hindi sa ganoon. At hindi rin dahil sa mas maikli ang panahon ng pananampalataya sa Diyos ng taong hindi maayos na nag-alaga sa mga aso. Bakit may malaking pagkakaiba sa pagitan nilang dalawa? Dahil ito sa magkaiba ang karakter nila. Mapagkakatiwalaan ang ilang tao. Kapag nangako sila sa isang tao, mapananagutan nila ang sarili nila sa huli, gusto man nilang gawin ang bagay o hindi. Kapag tinanggap nila ang isang gampanin, tiyak na magagawa nila ito, hakbang-hakbang. Tinutugunan nila ang tiwalang ipinagkakaloob sa kanila ng iba, at tapat sila sa sarili nilang puso. Mayroon silang konsensiya, at sa pamamagitan nito, sinusukat nila ang lahat ng bagay. Walang konsensiya ang ilang tao. Mangangako sila at wala silang gagawin para tuparin ito pagkatapos. Hindi nila sinasabi, "Naniwala sila sa akin. Kailangan kong gawin ang bagay nang maayos, para mapanatili ang tiwala nila." Hindi iyon ang puso na mayroon sila, at hindi sila ganoon mag-isip. Hindi ba't iyon ay pagkakaiba sa pagkatao? Sabihin mo sa Akin, nahirapan ba ang taong gumawa nang maayos na gawin iyon? Hindi ito naging masyadong nakakapagod o napakahirap para sa kanya. Hindi siya nag-isip nang matindi para subukang malaman kung paano gagawin nang maayos ang bagay, at hindi niya madalas na ipinagdasal ang bagay na iyon. Alam niya sa puso niya kung ano ang nararapat na gawin, kaya inako niya ang pasanin na iyon. Tinanggap din ng isang tao na ayaw akuin ang pasanin ang tungkulin, at nang ginawa niya ito ay naging abala ito sa kanya. Naiirita siya kapag tumatahol ang mga aso at pinagagalitan ang mga ito: "Tatahol ka pa ha? Tumahol ka pa at sisipain kita hanggang mamatay ka!" Wala bang pagkakaiba ng pagkatao rito? Mayroon, at malaki ito. Sa ilang tao, kapag inatasan mo sila ng isang bagay, nakaiinis ito sa kanila, isang abala, na iniwan mo sila nang may kaunting kalayaan. "Iba pang trabaho? Marami na akong dapat na gawin—hindi lang ako tatamad-tamad dito!" At kaya, gumagawa sila ng lahat ng uri ng mga dahilan para takasan ang responsabilidad, para patawarin ang sarili nila sa hindi pagtupad sa kanilang responsabilidad. Wala silang konsensiya o katwiran, ni hindi nila sinusuri ang sarili nila, sa halip ay nangangatwiran at nagdadahilan para patawarin ang sarili nila sa kanilang mababang pagkatao. Ganito umasal ang mga taong may mababang pagkatao. Kaya bang pumasok ng gayong tao sa katotohanang realidad kung ganoon? (Hindi.) Bakit hindi? Hindi niya minamahal ang katotohanan, at hindi niya minamahal ang mga positibong bagay. Hindi ba't iyon ang

kaso? Hindi siya nagtataglay ng normal na pagkatao o ng realidad ng mga positibong bagay. Wala siya ng diwang iyon sa kalooban niya. Kaya, ano ang kaugnayan sa pagitan ng katotohanan at ng normal na pagkatao? Ano ang dapat na nasa loob ng pagkatao ng isang tao para makapasok siya sa katotohanang realidad at para maisagawa ang katotohanan? Dapat magkaroon muna siya ng konsensiya at katwiran. Anuman ang ginagawa niya, dapat siyang magkaroon ng tamang saloobin, tamang pag-iisip, at tamang pananaw. Sa pamamagitan lang ng mga ito maaaring magkaroon ang isang tao ng normal na pagkatao—at tanging sa pagtataglay lang ng normal na pagkatao maaaring matanggap at maisagawa ng isang tao ang katotohanan.

B. Ang Pangangasiwa ng mga Tao sa Kanilang mga Personal na Kapaligiran

Ang pangalawang aytem: ang pangangasiwa ng mga tao sa kanilang mga personal na kapaligiran sa pang-araw-araw na buhay. Aling bahagi ng normal na pagkatao nauugnay ang aytem na ito? (Ang sa kapaligirang pinaninirahan ng isang tao.) At ano ang binubuo niyon? Pangunahing binubuo ito ng dalawang malawak na bahagi: ang kapaligirang pinaninirahan ng isang tao na umaabot lang sa kanyang personal na buhay, at ang mga pampublikong kapaligiran na madalas niyang nakakasalamuha. At ano ang binubuo ng dalawang malawak na bahaging ito, sa partikular? Ang paraan ng pamumuhay ng isang tao, gayundin ang pamamahala niya sa kalinisang pangkalusugan at sa kanyang kapaligiran. Para mas himayin pa ito, ano ang bumubuo sa paraan ng pamumuhay ng isang tao? Trabaho at pahinga, diyeta, at mga bagay tulad ng pagpapanatili sa kalusugan ng isang tao sa pang-araw-araw, at karaniwang kaalaman tungkol sa pang-araw-araw na buhay. Magsisimula tayo sa una, trabaho at pahinga. Dapat lang gawin ang mga iyon sa isang regular at naka-iskedyul na paraan. Sa labas ng mga espesyal na kondisyon, tulad ng kapag kinakailangan sa gawain ng isang tao na magpuyat siya o mag-overtime, ang trabaho at pahinga ay madalas na regular at naka-iskedyul. Iyon ang tamang paraan. May ilan na mas gustong gising sa gabi. Hindi sila natutulog sa gabi, pero abala sila sa lahat ng uri ng bagay. Hindi sila natutulog hanggang sa bumangon at magsimula na ang iba sa kanilang gawain, sa madaling araw, at kapag natutulog na ang iba sa gabi, doon sila bumabangon at nagtatrabaho. Hindi ba't may mga taong ganyan? Palaging hindi katugma sa iba, palaging nagiging espesyal—ang gayong mga tao ay hindi masyadong makatwiran. Ang mga ritmo ng bawat isa ay dapat na karaniwang magkakatatugma sa ilalim ng mga normal na kondisyon, sa kabila ng mga espesyal na kaso. Ano ang susunod? (Diyeta.) Ang mga rekisitong pandiyeta ng normal na pagkatao ay madaling makamit, hindi ba? (Oo.) Madali ang isang ito. Gayumpaman, hindi ba't ang mga tao ay may ilang nakalililang na pananaw sa diyeta? Sinasabi ng ilan, “Nananampalataya kami sa Diyos, at ang lahat ay nasa Kanyang mga kamay. Walang paraan ng pagkain na makapipinsala sa tiyan ng isang tao. Kakainin namin ang anumang gustuhin namin, ayon sa aming kagustuhan, nang malaya. Hindi ito isang isyu, dahil pinoprotektahan tayo ng Diyos.” Hindi ba't may mga taong may ganitong pagkaunawa? Hindi ba't mayroong bagay na medyo

baluktot dito? Abnormal ang ganoong pagkaunawa; ang mga mayroon nito ay hindi normal sa kanilang pag-iisip. May iba na napaghahalo ang normal at sentido komun na kaalaman para sa pamumuhay sa pagpapakita ng pagsasaalang-alang para sa laman. Naniniwala sila na ang pagbibigay ng atensiyon sa sentido komun na kaalaman para sa pamumuhay ay pagpapakita ng pagsasaalang-alang para sa laman. Hindi ba't may mga taong naniniwala roon? (Mayroon.) Halimbawa, may mga taong may problema sa tiyan at hindi kumakain ng mga maaanghang at masyadong malalasang pagkain. May ilan na nagsasabi sa kanila, "Iyan ang kagustuhan mo sa pagkain; nagpapakita ka ng pagsasaalang-alang para sa laman. Kailangan mong maghimagsik laban dito. May mga lugar kang pupuntahan kung saan iyon ang pagkain, at kakailanganin mo itong kainin. Paanong hindi mo ito kakainin?" Hindi ba't may mga tao na may ganoong uri ng pang-unawa? (Mayroon.) May ilang tao na hindi nakakakain ng isang partikular na bagay pero pinipilit na kainin ito, sa hindi nila kaginhawahan, para maghimagsik laban sa laman. Sinasabi Ko, "Puwedeng hindi mo ito kainin kung ayaw mo. Walang kokondena sa iyo kung hindi mo ito kakainin." Sinasabi nila, "Hindi, dapat ko itong kainin!" Sa kasong iyon, nararapat ang kanilang kawalan ng ginhawa. Sila mismo ang nagdulot nito sa sarili nila. Nagtakda sila ng mga regulasyon para sa sarili nila, kaya sila ang dapat na sumunod sa mga ito. Mali bang hindi kainin ang bagay na iyon, kung ganoon? (Hindi.) Hindi ito mali. Ang iba na may partikular na mga kondisyong pangkalusugan ay may allergy sa ilang pagkain. Kailangan nilang iwasan ang mga bagay na iyon at huwag kainin ang mga ito. Ang ilan ay may allergy sa mga sili, kaya hindi nila dapat kainin ang mga ito, pero ipinipilit nila ito. Patuloy nilang kinakain ang mga ito, naniniwalang iyon ang ibig sabihin ng maghimagsik laban sa laman. Hindi ba't ito ay isang baluktot na pagkaunawa? Iyon nga ito. Kung hindi sila angkop na kumain ng isang bagay, hindi nila ito dapat kainin. Bakit nila kinakalaban ang kanilang katawan? Hindi ba't pagiging walang-ingat iyon sa kanila? (Pagiging walang-ingat ito.) Hindi kinakailangang sundin ang regulasyong iyon, o maghimagsik nang ganoon laban sa kanilang laman. Ang bawat isa ay may sarili nilang pisikal na kondisyon: ang ilan ay may masamang tiyan; ang ilan ay may mahinang puso; ang ilan ay mas mahina ang paningin; ang ilan ay madaling magpawis; ang ilan ay hindi kailanman nagpapawis. Iba-iba ang kondisyon ng bawat isa; dapat kang gumawa ng mga pagsasaayos batay sa iyong sarili. Maaaring kumatawan sa mga kasong ito ang isang pangungusap: Matuto ng kaunting sentido komun sa buhay. Ano ang ibig sabihin ng "sentido komun" dito? Ibig sabihin nito na kailangan mong malaman kung ano ang nakakapinsala sa iyong kainin at kung ano ang nakabubuti para sa iyong kainin. Kung hindi masarap ang lasa ng isang bagay pero mabuti ito para sa iyong kalusugan, kailangan mo itong kainin, para sa kapakanan ng iyong kalusugan; kung malasa ang isang bagay, pero nagkakasakit ka kapag kinakain mo ito, huwag mo itong kainin. Sentido komun iyon. Higit pa ryan, dapat ding malaman ng mga tao ang ilang sentido komun na paraan para manatiling malusog. Sa apat na panahon ng taon, hayaan ang oras, klima, at panahon na magdikta sa mga bagay na iyong kinakain—isa itong pangunahing

prinsipyo. Huwag mong labanan ang iyong katawan—ito ay isang kaisipan at pagkaunawa na dapat magkaroon ang mga taong may normal na pagkatao. Ang ilang tao ay may enteritis at dumaranas ng pagtatae kapag kumakain sila ng masyadong malalasang pagkain. Kaya, huwag mong kainin ang mga iyon. Pero sinasabi ng ilan, “Hindi ako natatakot. Pinoprotektahan ako ng Diyos,” at nagdurusa sa pagtatae pagkatapos ng kanilang mga pagkain bilang resulta. Sinasabi pa nga nila na sinusubok at pinipino sila ng Diyos. Hindi ba’t kakatwa silang mga tao? Kung hindi sila kakatwa, mga kakila-kilabot na masiba sila na kumakain nang walang pagsasaalang-alang sa mga kahihinatnan. Ang gayong mga tao ay maraming isyu. Hindi nila makontrol ang gana nila, pero sinasabi na, “Hindi ako natatakot. Pinoprotektahan ako ng Diyos!” Kumusta ang pagkaunawa nila sa isyu? Baluktot ito; hindi nila nauunawaan ang katotohanan, pero pikit-mata nilang sinusubokang ilapat ito. May enteritis sila pero kumakain nang walang habas, at kapag nagtatae sila bilang resulta, para sabihin nilang sinusubok at pinipino sila ng Diyos—hindi ba’t iyon ay isang bulag na paglalapat ng mga regulasyon? Para sa gayong kakatwang tao na magsabi ng gayong basura—hindi ba’t iyon ay kalapastanganan sa Diyos? Gagawa ba ng gawain ang Banal na Espiritu sa gayong katawa-tawang tao? (Hindi.) Kung hindi mo nauunawaan ang katotohanan, hindi mo dapat pikit-matang inilalapat ang mga regulasyon sa mga bagay-bagay. Walang pagpili bang isasailalim ng Diyos ang sinuman sa mga pagsubok? Tiyak na hindi. Ni hindi ka kalipikado para doon; wala roon ang iyong tayog—at kaya, hindi ka isasailalim ng Diyos sa mga pagsubok. Ang isang tao na hindi alam kung anong mga pagkain ang makakapagpasakit sa kanya ay isang hangal na may di-matinong pag-iisip. Mauunawaan ba ng mga taong hindi maayos ang pagkamakawatiran at pag-iisip ang mga layunin ng Diyos? Mauunawaan ba nila ang katotohanan? (Hindi.) Isasailalim ba ng Diyos ang gayong tao sa mga pagsubok? Hindi, hindi Niya gagawin. Ganoon ang mawalan ng katwiran at magsalita nang walang kapararakan. May mga prinsipyo sa pagsubok ng Diyos sa mga tao; ang mga ito ay nakadirekta sa mga taong nagmamahal sa katotohanan at naghahangad dito, sa mga taong gagamitin ng Diyos at makakapagpatotoo sa Kanya. Isinasailalim Niya sa pagsubok ang mga taong may tunay na pananalig na makakasunod sa Kanya at makakapagpatotoo sa Kanya. Walang sinumang naghahanap lang ng kaginhawahan at kasiyahan at hindi talaga naghahangad sa katotohanan, at tiyak na walang sinumang may baluktot na pagkaunawa sa mga bagay, ang may gawain ng Banal na Espiritu. Kung gayon, isasailalim ba sila ng Diyos sa mga pagsubok? Ito ay ganap na imposible.

Abot-kamay ng ilang tao ang mga halamang gamot ng Tsina o mga pagkaing pangkalusugan, na basta-basta lang nilang kinakain. Madalas na nagpapahid ang ilang babae sa mukha nila ng mga bagay na pumuprotekta sa balat, na nagpapaputi at nagpapabatak dito. Gugugol sila ng dalawang oras araw-araw sa paglalagay ng makeup at tatlong oras sa pag-aalis nito, at sa huli ay sisirain ang balat nila hanggang sa hindi na ito makilala. Sasabihin pa nga nila, “Walang makakatalo sa natural na batas ng kagandahang kumukupas sa edad—tingnan mo na lang itong tumatanda kong balat!”

Ang katunayan niyan ay hindi sana sila magmumukhang ganyan katanda kung hindi nila palaging pinakikialaman ang mukha nila—ang pagpapahid ng mga produktong iyon ang mismong nagpapatanda sa kanila. Ano ang masasabi mo roon? (Sila ang nagdulot nito sa sarili nila.) Tama lang sa kanila iyon! May ilang sentido komun na kaalaman para sa pamumuhay sa normal na pagkatao, at kailangang maarok ito ng isang tao, tulad ng karaniwang kaalaman tungkol sa pagpapanatili ng kanyang kalusugan at pag-iwas sa sakit: na ang malamig na paa ay nakapagdudulot ng pananakit ng likod, halimbawa, o kung paano dapat gamutin ang maagang pagsisimula ng farsightedness ng isang tao, o kung ano ang mga pinsala ng pag-upo ng masyadong matagal sa harap ng kompyuter. Dapat medyo maunawaan ng isang tao ang tungkol sa gayong sentido komun na pangangalaga para sa kanilang kalusugan. Maaaring sabihin ng ilan, “Para manampalataya sa Diyos, dapat mo lang basahin ang Kanyang mga salita. Ano ang silbi ng pag-aaral ng lahat ng sentido komun na bagay sa pangangalagang pangkalusugan? Itinakda ng Diyos ang haba ng buhay ng isang tao; walang anumang kaalaman sa pangangalagang pangkalusugan ang makapagdudulot ng anumang kabutihan. Kapag oras mo nang mamatay, walang makapagliligtas sa iyo.” Parang tama ito kung pakikinggan, pero sa katunayan, medyo kakatwa ito. Ito ay isang bagay na sinasabi ng isang taong walang espirituwal na pang-unawa. Natututo silang magbulalas ng mga lumang salita at doktrina at parang espirituwal, gayong sa katunayan, wala talaga silang anumang dalisay na pagkaarok. Pikit-mata nilang tinatangkang ilapat ang mga regulasyon kapag may nangyayari sa kanila, nagsasalita nang maganda hangga’t kaya nila, nang hindi nagsasagawa ng anumang katotohanan. Maaaring sabihin ng ilang tao sa kanila na pampalusog ang lugaw na mais, halimbawa, na ito ay mabuti para sa kalusugan. Hindi nila mauunawaan iyon. Pero sa sandaling marinig nilang sinasabi ng isang tao na nakakapagpalusog ang nilagang baboy, kakainin nila ito hanggang sa mabusog sila sa susunod na makita nila ito, sinasabi kahit habang ngumunguya sila, “Ano ang magagawa ko? Kailangan ko itong kainin; para ito sa kalusugan ko!” Hindi ba’t mapanlinlang na bagay na sabihin ito? (Mapanlinlang ito.) Panlilinlang ito. Para taglayin kung ano ang dapat taglayin ng mga taong may normal na pagkatao, para malaman kung ano ang dapat malaman ng mga tao, para malaman kung ano ang dapat malaman sa yugto ng buhay na tumutugma sa iyong edad—ganyan ang pagkakaroon ng normal na pagkatao. Ang ilang tao na may dalawampung taong gulang ay kumakain nang walang pagpili. Kakain sila ng mga piraso ng yelo sa isang maginaw na araw. Natatakot ang mga nakatatandang nakakakita niyon, at hinihimok silang huminto, sinasabi sa kanila na sasakit ang kanilang tiyan. “Sakit ng tiyan? Magiging ayos lang ako” sabi nila, “Tingnan mo ako: Nasa pinakamalakas na pisikal na kondisyon ako!” Wala silang alam sa mga gayong bagay sa edad nila. Hintayin mo hanggang may apatnapung taong gulang na sila; bigyan mo sila ng piraso ng yelo para kainin. Kakainin ba nila ito? (Hindi.) At kapag animnapu na sila, kalimutan na ang pagkain ng yelo—matatakot silang lumapit dito. Magiging labis ang lamig nito para kayanin ng katawan nila. Karanasan ang tawag diyan—pagkatuto mula sa mga aral sa buhay. Kung hindi pa

rin alam ng isang taong animnapung taong gulang na hindi makakayanan ng kanyang tiyan ang napakaraming piraso ng yelo, na hindi kaya ng kanyang katawan ang mga ito, na makapagdudulot ito sa kanya ng sakit, ano ang tawag doon? Nagkukulang ba siya sa normal na pagkatao? Nagkukulang siya sa ipinamuhay na karanasan. Kung hindi pa rin alam ng isang taong may animnapung taong gulang na masama ang lamig para sa likod, na nagdudulot ng pananakit ng likod ang malamig na paa, paano kaya siya nabuhay nang may animnapung taong iyon? Malamang ay iniraos lang niya ang mga ito. Nauunawaan ng ilang tao ang maraming sentido komun na bagay tungkol sa buhay sa oras na nasa apatnapung taong gulang na sila: sentido komun na kaalaman sa kalusugan, halimbawa; at mayroon silang ilang tamang pananaw tungkol sa mga materyal na bagay, pera, at trabaho, at tungkol sa kanilang mga kamag-anak, at mga usapin sa mundo, at buhay, at iba pa. May dalisay silang pagkaunawa sa mga bagay na ito, at kahit na hindi sila nananampalataya sa Diyos, medyo mas nauunawaan pa rin nila ang mga bagay na ito kaysa sa mga nakababata sa kanila. Ito ang mga taong may pagpapahalaga sa tama at mali, na may normal na pag-iisip. Sa dalawang dekadang ipinamuhay nila simula noong sila ay nasa edad dalawampu, naunawaan na nila ang maraming bagay, ang ilan ay malapit sa katotohanan. Ipinapakita nito na sila ay mga tao na may abilidad na makaarok, mga taong may mahusay na kakayahan. At kung sila ay taong naghahangad sa katotohanan, mas magiging mabilis ang pagpasok nila sa katotohanang realidad, dahil marami silang naranasan sa loob ng dalawampung taon na iyon, at nagkamit ng ilang positibong bagay. Magiging kapareho ng mga karanasan nila ang katotohanang realidad na binabanggit ng Diyos. Gayumpaman, kung marami ang kulang sa pagkatao ng taong iyon, at wala siyang mga tamang pananaw, o ang pag-iisip ng normal na pagkatao, lalong wala ng katalinuhan ng normal na pagkatao tungkol sa buhay, at tungkol sa mga tao, pangyayari, at bagay na lumitaw sa dalawampung taon na iyon, walang kabuluhan ang naging buhay niya noong mga taong iyon. Sa ilang lugar na napuntahan Ko, nalaman Ko na hindi marunong magluto ang ilan sa mga nakatatandang kapatid na babae. Ni hindi sila makapagplano ng balanseng pagkain. Gumagawa sila ng sabaw mula sa dapat iprito, at piniprito ang dapat ilagay sa sabaw. Nagbabago ang mga ani ayon sa panahon, pero palaging iyon at iyon lang din ang iilang putaheng nasa hapag nila. Ano ang nangyayari doon? Iyon ay tunay na kawalan ng katalinuhan, hindi ba? Wala silang kakayahan ng normal na pagkatao. Ni hindi nila kayang lutuin ang iba't ibang pagkain na nakikita nila sa kanilang pang-araw-araw na buhay, mga bagay tulad ng repolyo at patatas. Hindi nila nagagawa ang mga pinakasimpleng gampanin at hindi nila naisasakatuparan ang mga ito. Paano nila iniraos lang ang nakalipas na limampu o animnapung taon? Talaga bang walang hiningi ang puso nila sa kanilang buhay? Kung hindi nakakakuha ng karanasan ang isang tao mula sa anumang bagay na kanyang ginagawa, anong tungkulin ang magagawa nang maayos ng ganoong tao? Ang katunayan ay kayang matuto ng mga tao na gumawa ng mga bagay-bagay, kung ilalapat lang nila ang sarili nila at magsasanay nang ilang sandali.

Kung wala pa ring kayang gawin ang isang tao pagkatapos ng ilang taon ng pag-aaral, siguradong napakahina ng talino at kakayahan niya!

Pag-usapan natin ngayon nang kaunti ang tungkol sa pamamahala sa kalinisang pangkalusugan. Kamakailan ay nagtungo Ako sa dalawang lugar kung saan napakagulo ng kapaligiran ng mga bahay. Dating medyo maayos ang lahat ng naroon, kaya paano naging mga “kulungan ng baboy” ang mga lugar na iyon? Ang dahilan ay hindi alam ng mga tao roon kung paano pangangasiwaan ang mga bagay-bagay. Wala silang kamalayan ng normal na pagkatao at ng mga hinihingi para sa kalinisang pangkalusugan. Hindi lang ito dahil tamad sila; higit pa ryan, nasanay na silang mamuhay sa gayong mga kondisyon. Itinatapon nila ang basura sa sahig at inilalagay ang mga bagay-bagay kung saan-saan, nang walang panuntunan o paghihigpit. Kapag nilinis na nila ang isang lugar, napananatili lang nila itong malinis sa loob ng isa o dalawang araw; makalipas ang ilang araw, sa sobrang gulo at dumi nito ay masakit na ito sa matang tingnan. Sabihin mo sa Akin, ano ang tawag sa ganoong kapaligiran? At ang mga tao roon ay maayos na nakakakain at nakatutulog sa gayong mga kondisyon—anong mga tao ang mga iyon? Para silang mga baboy, hindi ba? Wala silang kamalayan at wala silang nauunawaan sa kalinisang pangkalusugan, sa kanilang kapaligiran, sa estruktura, sa pamamahala. Hindi nila napapansin ito, gaano man ito maging madumi o magulo. Hindi sila nito naaabala; hindi sila nag-aalala at hindi nababahala tungkol dito. Patuloy silang namumuhay katulad ng dati, hindi partikular at walang mga hinihingi. Pinangangalagaan nang mabuti ng ilang lugar ang kanilang kalinisang pangkalusugan at kapaligiran, at aakalain mo na nagmamalasakit ang mga tao roon sa kalinisan, na alam nilang pamahalaan ang kanilang kapaligiran—pero walang nakakaalam hanggang sa isang sorpresang inspeksiyon na nagpapadala sila ng mga tao bago ang mga inspeksiyon para linisin ang lugar. Kung sasabihin mo sa kanila nang patiuna na darating ka, garantisadong magiging malinis ang lugar; kung pupunta ka nang hindi sila inaabisuhan, ibang kapaligiran ang makikita mo, isa na siguradong marumi at magulo. Ang mga silid ng ilan sa mga batang babae ay may mga damit at sapatos na nakakalat, at sa labas, ang mga kagamitan sa trabaho tulad ng asarol at piko ay nakatambak kasama ng mga damit. Maaaring sabihin ng ilan doon na naging masyado silang abala kaya wala silang oras para maglinis. Ganoon ba sila naging kaabala? Wala man lang ba silang panahon para huminga? Kung wala, naging abala nga talaga sila—pero siguradong hindi pa rin sila naging ganoon kaabala? Ano ang napakahirap sa pamamahala sa kanilang espasyo? Ano ang nakakapagod sa pagpapanatili ng isang malinis at maayos na kapaligiran? May kinalaman ba ito sa pagkatao? Bakit gustong-gusto ng mga tao na manirahan sa “kulungan ng baboy”? Bakit sila magiging komportable sa gayong kapaligiran? Paanong ganap silang hindi tumutugon sa gayong mga kapaligiran? Ano ang nangyayari roon? Ano ang sanhi ng mga hindi maayos na napamahalaang kapaligiran? Kung pupunta Ako sa isang lugar paminsan-minsan at sasabihin sa kanila nang patiuna, gagawin nila itong napakalinis at napakaayos, pero titigil sila sa paglilinis kung madalas Akong pupunta roon. Sasabihin

nila, “Madalas Kang narito, kaya huwag na tayong maging pormal. Ganito lang talaga kami. Nakakapagod ang maglinis palagi! Sino ang may lakas? Masyado kaming abala sa gawain buong araw, ni wala kaming oras para magsuklay ng buhok!” Nangatwiran sila nang ganito. At ano pa ang ibang ikinakatwiran nila? “Ang lahat ng ito ay pansamantala. Hindi natin kailangang ayusin ito nang perpekto. Ayos na ang ganito.” Sa katunayan, ang lahat ay pansamantala—pero kahit na naninirahan ka sa isang tolda, kailangan mo pa ring asikasuhin ito, hindi ba? Iyan ay normal na pagkatao. Kung wala kang kaunting normal na pagkatao na iyon, gaano ka naiiba sa mga hayop?

May isang iglesia sa sambahayan ng Diyos na sadyang maganda ang kinalalagyan, malapit sa mga bundok at tubig. Isang kalsada ang ginawa roon, at nakahanay ang mga puno sa kalapit na ilog. May gazebo pa nga ito, na may mga pampalamuting bato sa tabi nito. Talagang napakaganda nito. Isang araw, nakita Ko mula sa malayo ang isang maliit at dilaw na bagay roon sa malinis na kalsadang iyon. Paglapit Ko, nakita Kong balat iyon ng orange. Sino ang nakakaalam kung sino ang kaswal na nagtatapon ng mga basura nila roon. At sa gazebo, na malinis din, may kumakain ng buto ng sunflower at nagtatapon ng mga balat sa buong sahig. Sabihin mo sa Akin, ang taong iyon ba ay isang taong nakakaalam sa mga patakaran? Sa normal na pagkatao, may hinihingi bang mga pamantayan para sa kalinisang pangkalusugan at kapaligiran ng isang tao, o wala? Maaaring sabihin ng ilan, “Paanong wala akong mga pamantayan? Naghuhugas ako ng mga paa ko tuwing gabi. Hindi ito ginagawa ng ilang tao. Ang ilang tao ay hindi man nga lang naghihilamos kapag bumabangon sila sa umaga.” Maaaring malinis ang iyong mga paa, sige, pero bakit parang kulungan ng baboy ang kapaligiran mo sa trabaho? Ano ang halaga ng kalinisan mo? Sa pinakamabuti, ipinapakita nito na napakamakasarili mo. Gusto mong pamahalaan ang lahat ng bagay—paano ka magiging dalubhasa sa lahat ng bagay, kung hindi mo kayang pamahalaan ang isang compound? Iyan ay walang kahihyan, talaga! Hindi lang ang kapaligiran nila ang hindi kayang pamahalaan ng mga taong ito—hindi nga rin nila kayang pamahalaan ang sarili nilang kalinisang pangkalusugan, at nagtatapon ng mga basura sa lapag. Paano nila nabuo ang ganitong gawi? Maaari nilang pangatwiran ang paghahagis ng mga balat ng prutas sa lupa sa pagtawag dito na compost. Bakit hindi ilagay ang mga ito sa isang compost heap o basurahan, kung gayon? Bakit itatapon ang mga ito sa kalsada o sa gazebo na iyon? Ang gazebo ba ay isang lugar para ilagay ang compost? Hindi ba’t iyon ay pagsasawalang-bahala sa mga patakaran? (Pagsasawalang-bahala iyon.) Isa itong kahila-hilakbot na kawalan ng pagkatao, katwiran, at mga moral—sila ay mga mababang-uri na tao! Sabihin mo sa Akin, may paraan ba para malutas ang isyung ito? Paano ito mapipigilan? Magiging epektibo ba ang pangangasiwa? Sino ang maaaring magbantay sa mga bagay-bagay? Ano ang dapat gawin? (Multahan sila.) Oo, iyon ang huling paraan. Dapat magkaroon ng isang maayos na sistema. Wala nang ililigtas sa pagpaparusa. Sadyang napakasaula ng mga taong ito—hindi na sila magbabago! Sa ilang lugar, may mga bulok na kahong karton, bulok na tabla, at mga pira-pirasong papel na nagkalat, at

sinasabi ng mga tao roon na tinatago nila ang mga ito para magamit sa ibang pagkakataon. Ipagpalagay na kapaki-pakinabang ang mga bagay na ito, bakit hindi ayusin ang mga ito ayon sa uri, sa mga maayos na pagkasalansan? Hindi ba't mas magmumukhang maganda iyon at kakain ng mas kaunting espasyo? Hindi alam ng karamihan sa mga tao ang tungkol sa pamamahala. Ang mga bagay ay nakasalansan at nagkalat nang pabasta-basta sa kanilang mga lugar, kaya't walang libreng espasyo. Nagiging mas magulo ang mga tambak habang dumarami ang mga ito, at kasama ng pagiging makalat ang dumi, hanggang sa nagiging isang tambakan ng basura ang lugar, nakapandidiri sa lahat ng nakakakita nito. May normal na pagkatao ba ang mga taong naninirahan sa gayong mga kapaligiran? Mga tao ba sila na may kakayahan, kung hindi man lang nila kayang pamahalaan ang kapaligirang pinaninirahan nila? Anong pagkakaiba ang nananatili sa pagitan ng gayong mga tao at ng mga hayop? Bahagi ng dahilan kung bakit hindi alam ng karamihan ng mga tao kung paano pamahalaan ang mga lugar na pinaninirahan nila ay dahil walang sinuman ang may kamalayan sa kalinisang pangkalusugan, at walang sinumang nakakaalam kung paano pamahalaan ang kanilang kapaligiran. Hindi nila naiisip ang mga bagay na ito, at hindi nila alam kung paano dapat ang pinaninirahang kapaligiran ng mga tao. Para silang mga hayop, walang kamalay-malay sa uri ng kapaligirang dapat nilang pinaninirahan. Ang kabilang bahagi ay may kinalaman sa mga tagapamahala na hindi alam kung paano pamahalaan ang mga bagay na ito. Hindi alam ng mga tagapamahala kung paano pamahalaan ang mga bagay na ito, at hindi maagap o walang alam sa mga bagay na ito ang mga pinamamahalaan. Sa huli, sa "pakikipagtulungan" ng lahat, ang lugar ay nagiging "kulungan ng baboy." Kapag matagal nang nananatili ang mga taong ito sa isang lugar, umaalis Ako sa lugar na ito na may partikular na damdamin: "Bakit hindi kailanman naging malinis ang lugar na ito? Bakit hindi ito kailanman naging parang isang tahanan?" Sabihin mo sa Akin, nakagagaan ba sa pakiramdam ng isang tao ang makakita ng ganoong lugar? (Hindi.) Bubuti ba ang pakiramdam ninyo kapag nagpunta kayo roon? (Wala kaming masyadong magiging damdamin tungkol dito.) Iyon ang magiging tunay ninyong tugon—walang masyadong damdamin. Inilatag Ko ang mga plano para sa ilan sa mga lugar na iyon, at nang matapos ang gawain at naayos muli ang mga bagay, nasiyahan ang lahat sa tanawin. Pero makalipas ang ilang araw, magulo na naman ang mga bagay. Kailangan Kong humanap ng isang taong angkop na mamamahala sa gampanin, kung papanatilihin ang kalinisang pangkalusugan. Iyon ay dahil karamihan sa mga tao ay napakarumi, ginugulo ang anumang trabaho na ginagawa nila. Ang ilang tao ay kumukuha ng mga gulay at hindi alam ang tamang lugar para hugasan ang mga ito. Ipinipilit nilang maghanap ng malinis na lugar para gawin ito, na nagpaparumi sa lugar na iyon bilang resulta. Ano ang mararamdaman mo kapag nakita iyon? Hindi ba't isang kawan ng mga hayop ang mga taong ito? Wala silang pagkatao! Ang tingnan ang mga taong ito, na walang pakialam sa kalinisang pangkalusugan at hindi alam kung paano pamamahalaan ang kanilang kapaligiran—gagalitin ka nito! Binigyan ang mga taong ito ng magandang kapaligiran para tirhan, na ang lahat ay inayos nang

maganda. Ang lahat ng uri ng bulaklak at damo ay tumutubo sa tagsibol; mayroon silang mga bundok, tubig, isang gazebo; may mga lugar sila para magtrabaho, at mga lugar para tirhan, at lahat ng uri ng pasilidad. Kay ganda naman! Pero ano ang kinahantungan nito? Binalewala nila ito; hindi nila pinahalagahan ang kabutihan. Naisip nila, “Mas magandang lugar ito kaysa sa karamihan, pero parang kanayunan ito. Ang lupa ay walang iba kundi mga damo at putik.” Sa pag-iisip na iyon, walang pakundangan nilang winasak ang lugar. Hindi nila inisip na pamahalaan ang kanilang kapaligiran. Gaano karaming bagay ang wala sa gayong pagkatao! Hindi nito tinataglay ang mga bagay na dapat taglayin ng pagkatao; hindi man lang mapanatili ng mga taong iyon ang iba’t ibang aspekto ng kapaligirang pinaninirahan nila sa mga pinakapangunahing paraan. Sabihin mo sa Akin, paanong hindi naiisip ng mga tao na pahalagahan ang napakagandang kapaligiran kung saan sila naninirahan? Paanong hindi nila naiisip na pangalagaan ito? Bakit? Sa sobrang abala ba nila sa kanilang mga tungkulin ay kulang sila sa oras? O ano pa ang nangyayari sa kanila? May sinuman bang hindi abala sa kanyang mga tungkulin? May ilang naninirahan sa mas masahol na kapaligiran kaysa sa inyo, pero talagang pinangangalagaan nila ang kanilang espasyo. Nakikita ito ng mga tao at inaaprubahan sila ng mga ito, nang may paghanga at pagpapahalaga sa kanila. At pagkatapos, nariyan ang inyong kapaligirang pinaninirahan—hindi na nga kailangang pumasok ang iba sa loob; kukutyain ka na nila isang tingin pa lang sa panlabas nito. Hindi ba’t sariling gawa mo ito? Ang iyong mga kilos at pag-uugali ang nagdulot ng kalunos-lunos na nanlilimahid na kapaligirang pinaninirahan mo. Kapag nakikita ng mga tao ang kapaligirang pinaninirahan mo, parang nakikita na rin nila ang diwa mo. Masisisi mo ba sila sa pang-aalipusta nila sa iyo? Hindi napagdedesisyunan ng pagtatasa ng iba kung ang tao ay mataas o mababa, marangal o mababang-uri, kundi ng kung ano mismo ang isinasabuhay niya. Kung tinataglay mo ang mga bagay ng normal na pagkatao, maisasabuhay mo ang tunay na wangis ng tao. Maipakikita mo ang iyong marangal na kalidad, at natural na pahahalagahan at igagalang ka ng iba. Kung hindi mo tinataglay ang mga bagay na iyon, at hindi mo nauunawaan ang sentido komun na kalinisang pangkalusugan, at hindi mo alam kung paano pangangalagaan ang iyong kapaligiran, nabubuhay araw-araw sa isang “kulungan ng baboy” at sadyang nasisiyahan dito, ibinubunyag niyon ang iyong malahayop na kalidad. Nangangahulugan ito na ikaw ay mababang-uri at hamak. Ang gayong mababang-uri at hamak na tao, na may gayong mababang-uri at hamak na pagkatao, na walang ni katiting na pag-iisip, mga pananaw, mga hinihingi, at paghahangad na dapat taglayin ng normal na pagkatao—kung wala ang alinman sa mga iyon, mauunawaan ba ng gayong tao ang katotohanan? Makapapasok ba sila sa katotohanang realidad? (Hindi.) Sa tingin din ninyo hindi nila ito kaya? Bakit hindi? Sasabihin ng ilan, “Matagal na naming inalis sa aming sarili ang lahat ng makamundong bagay na iyon sa mga taon namin ng pananampalataya sa Diyos. Wala kaming pakialam sa mga bagay na iyon! ‘Pamumuhay nang may kalidad’—makamundong bagay iyon!” Wala bang mga taong nagsasabi nito? Makamundong bagay ba, kung gayon, ang hanging

nilalanghap mo? Ang mga damit na isinusuot mo, ang lahat ng materyal na bagay na ginagamit mo—mga makamundong bagay ba ang mga ito? Bakit hindi ka maghanap ng kahit saan sa labas para magtipon? Bakit magtitipon sa isang silid? Hindi ba't kakatwa ang mga taong nagsasabi nito? May sasabihin Ako sa iyo na isang katunayan: Kung gusto ng gayong tao na pumasok sa katotohanang realidad, magiging mahirap iyon para sa kanya. Kung nais ng isang tao na pumasok sa katotohanang realidad, dapat muna siyang magtaglay ng normal na pagkatao; higit pa ryan, dapat niyang iwaksi ang masasamang gawi sa kanyang buhay, para hangarin ang isang bagay na may estilo at pakay sa buhay na may kalidad, mabuting asal, at moralidad. Angkop na paraan ba para sabihin ito? Kung gayon, madali bang itama ang mga problemang ito? Gaano katagal bago baguhin ang paraan ng pamumuhay ng isang tao at alisin ang masamang gawi sa kanyang buhay? Anong paraan ang dapat gamitin para hangga't maaari ay makapasok dito nang mas mabilis? Anong mga pamamaraan ang mayroon, maliban sa pagpaparusa? (Pangangasiwa sa isa't isa.) Ang pangangasiwa sa isa't isa ay isang pamamaraan; nasa mga tao na kung tatanggapin nila ito. Sa tingin Ko, ang pagpapataw ng multa ay isang mabisang hakbang, at talagang epektibo ito. Sa sandaling banggitin mo ang pagpapataw ng mga multa, naaapektuhan mo ang mga interes ng mga tao. Wala silang magagawa kundi ang sumunod, sa takot na baka magdusa ang kanilang mga interes. Iyan ang naisasakatuparan ng pagpapataw ng multa. Pero bakit walang anumang nakakamit ang pagbabahagi ng katotohanan sa mga taong iyon? Dahil wala silang normal na pagkatao o mga kinakailangang kondisyon para tanggapin ang katotohanan. Kaya naman hindi isang epektibong paraan sa kanila ang pagbabahagi ng katotohanan. Sa anumang kapaligiran sa gawain, matuto munang pagbukud-bukurin ang mga bagay ayon sa uri, pangalawa panatilihin ang pagiging maayos, pangatlo panatilihin ang kalinisang pangkalusugan at kalinisan, at pagkatapos, higit pa rito, linangin ang gawi ng paglilinis ng basura. Iyan ang dapat taglayin ng normal na pagkatao.

May ilang babae na nagsusuklay ng buhok at lumalabas, nang hindi muna winawalis ang mga nalagas na hibla. Ginagawa nila ito araw-araw. Mababago ba ang ganitong gawi? Kapag tapos ka nang magsuklay, dapat kang maglinis at mag-ayos agad. Huwag hayaang linisin ito ng iba—pamahalaan mong mabuti ang iyong kapaligiran. Kung nais mong pamahalaan ang iyong kapaligiran nang maayos, dapat kang magsimula sa iyong sarili. Linisin mo muna ang sarili mong espasyo. Bukod pa ryan, dapat maging mapagmalasakit sa lipunan ang isang tao tungkol sa mga pampublikong kapaligirang kanyang pinaninirahan. Responsabilidad ng lahat na pamahalaan ang mga lugar kung saan naninirahan at nagpapahinga ang mga tao, halimbawa. Kung makakita ka ng ilang hiwa ng balat ng orange sa lupa, pulutin mo lang ang mga ito at itapon sa basurahan. Sa ilang lugar ng trabaho, may mga tapyas ng kahoy, pulbos ng kahoy, bakal na baras, at mga pako sa buong lugar kapag tapos na ang trabaho. Pumunta ka roon, at madali kang makakatapak ng pako kung hindi ka mag-iingat. Lubhang mapanganib ito. Bakit hindi nila lilinisin at gagawing malinis ang mga bagay kapag nagawa na nila ang trabaho

nila? Anong klaseng pangit na gawi yan? Sa paggawa nito, maipaliliwanag ba nila ang sarili nila? Ano ang iisipin ng mga tao, na makakita ng ganitong magulo at maruming lugar ng trabaho? Hindi ba't ganyan ang ginagawa ng mga hayop sa kanilang mga trabaho? Ang mga taong may pagkatao ay dapat maglinis nang mabuti kapag tapos na sila sa isang trabaho at malalaman ng iba sa isang sulyap na ang trabaho ay ginawa ng mga tao. Hindi naglilinis ang mga hayop pagkatapos ng mga itong gumawa ng trabaho, na parang ang paglilinis ay hindi para sa mga ito at walang kinalaman sa mga ito. Anong klaseng lohika iyan? Nakakita na Ako ng higit sa ilang tao na hindi naglilinis pagkatapos nilang gumawa ng trabaho. Lahat sila ay may ganitong masamang gawi. Sinabi Ko sa kanila na araw-araw, kapag tapos na ang kanilang mga trabaho, dapat isaayos nila na may isang tao na maglilinis ng lahat ng basura. Maglinis araw-araw. Sa ganoong paraan, magiging malinis ang lugar. Dapat nilang linangin ang ganoong gawi. Para maglinang ng isang gawi sa buhay, dapat magsimula sa pagpapanatili ng isang kapaligiran, pagkatapos ay maghintay na masanay rito. Pagkatapos isang araw, kapag nagbago ang kapaligiran iyon, sila mismo ay makakaramdam ng pagkabalisa na makitang may bagay na marumi. Katulad lang ito sa ilang tao na nanirahan sa ibang bansa sa loob ng tatlo o limang taon, na iniisip na mas mabuti ang lahat doon. Darating ang araw na babalik sila sa kanilang bayan, at mararamdaman nila na bigla silang naging sosyal. Titingnan nila nang may pangungutya ang iba na walang pakialam sa kalinisang pangkalusugan, sa mga taong marumi ang mga bahay. Ni hindi nila maaatim na hindi maligo nang ilang araw. Hindi ba't ang kapaligiran nila ang nagdikta nito? Ganoon iyon gumagana. Kaya, dapat kang magsimula sa pamamahala sa sarili mong kalinisang pangkalusugan at ng iyong kapaligiran. Iyan ang paraan para kumportable mong magawa ang iyong tungkulin; ito rin ang dapat taglayin ng mga taong may normal na pagkatao. Sa ilang lugar na napuntahan Ko, nakakita na Ako ng mga kuwarta ng mga babae na sobrang dumi, na magulo. Maaaring sabihin ng ilan, "Gusto Mong maging maayos kami; dapat bang parang nasa kampong militar?" Hindi na kailangan ang lahat ng iyon. Ayusin mo ang iyong higaan at linisin mo ang iyong silid araw-araw. Panatilihin ang kalinisan. Ugaliin ito. Kung gagawin mo ang mga bagay na ito araw-araw, at magiging gawi ang mga ito, isang pamantayan, at awtomatiko tulad ng pagkain, nalinang mo ang ganitong uri ng pang-araw-araw na buhay na gawi, at ang mga hinihingi mo para sa iyong kapaligiran ay tataas ng isang antas. At kapag tumaas ang mga ito sa antas na iyon, ang iyong buong tindig, ang iyong mental na pananaw, ang iyong panlasa, ang iyong pagkatao, at ang iyong dignidad ay tataas lahat. Pero kung naninirahan ka sa isang "kulungan ng baboy," isang lugar na hindi para sa mga tao, kundi mas parang pugad ng isang hayop, hindi ka nagtataglay ng wangis ng tao. Sa pagpasok sa silid, halimbawa, ang ilang tao, na nakikita na malinis ang silid at ang sahig nito, ay papagpagin sandali sa labas ang dumi mula sa kanilang mga sapatos. Pakiramdam nila ay marumi pa rin sila, kaya't maghuhubad sila ng kanilang mga sapatos bago pumasok sa silid. Kapag nakita ng may-ari ng silid kung gaano sila kalinis at kagalang sa kanya, igagalang din niya sila.

Ang ibang tao ay tuloy-tuloy lang sa pagpasok, na may mga sapatos na puno ng putik, at hindi iniisip na magkakaputik sa sahig. Ganap na wala silang malay rito. Nakikita ng may-ari ng silid na likas silang walang pakialam sa mga tuntunin. Masama ang tingin niya sa kanila, at kaya, hinahamak niya sila, at hindi na niya sila papapasukin sa kuwarto sa hinaharap. Paghihintayin niya sila sa labas, at narito ang ipahihiwatig nito: “Hindi ka karapat-dapat na pumasok sa loob—dudumihan mo ang lugar kung papasok ka, at mahabang oras ang gugugulin ko para linisin ito!” Hindi niya sila igagalang. Kapag nakita niyang hindi sila nagtataglay ng wangis ng tao, ni hindi niya sila igagalang. Kung ang isang tao ay umabot sa puntong ito ng buhay niya, tao pa rin ba siya? Ang isang alagang hayop ay mas mabuti pa kaysa sa kanya. Kaya, dapat isabuhay ng mga tao ang wangis ng tao para matawag na tao, at dapat silang nagtataglay ng normal na pagkatao para maisabuhay ang wangis ng tao. Saanman naninirahan ang isang tao, anuman ang tungkuling ginagawa niya, dapat siyang sumunod sa mga patakaran. Dapat niyang pangalagaan ang kanyang espasyo at kalinisang pangkalusugan, at magkaroon ng pagpapahalaga sa responsabilidad, at magkaroon ng magagandang gawi sa buhay. Dapat na maging maasikaso at seryoso siya sa lahat ng kanyang ginagawa, at ipagpatuloy ito hanggang sa magawa niya ang bagay nang maayos at pasok sa batayan. Sa ganitong paraan, makikita ng mga tao sa pagganap mo ng iyong tungkulin at sa paraan ng pag-asal mo at pakikitungo mo sa mga bagay-bagay na ikaw ay matuwid at disente, isang mabuting tao. Makakaramdam sila ng paghanga sa iyo, at natural na igagalang ka nila. Igagalang at pahahalagahan ka rin nila, at kaya hindi ka nila lolokohin o aapihin. Makikipag-usap sila sa iyo nang seryoso, nang walang anumang pangungutya o panghahamak. Hindi Ko alam kung paano Ako nakikita ng mga tao, pero may pakiramdam Ako: Kapag nakakatagpo Ko ang karamihan ng tao, hindi sila nagbibiro o nagsasalita nang walang kabuluhan. Hindi Ko alam kung bakit ganoon. Maaaring may pakiramdam ang mga tao: “Napakaseryoso Mong tao, at seryoso Ka rin sa Iyong pananalita at mga kilos. Isa Kang matuwid na tao; hindi ako mangangahas na makipagbiruan sa Iyo kapag nakikipag-ugnayan ako sa Iyo. Malinaw sa unang tingin na hindi Ka ganoong uri ng tao.” Kung, kapag pumupunta ka sa isang lugar at nakikipag-usap sa mga tao, nakikipagsatsatan sa mga tao, nakikipag-ugnayan sa mga tao, pakiramdam nila na may isang bagay ryan sa iyong pagkatao at moralidad—maaaring hindi nila masabi nang malinaw kung ano ito, pero malalaman mo kung ano ang mga iniisip mo sa bawat araw, at palagi kang magkakaroon ng mga prinsipyo at pamantayan kung paano mo tinitingnan ang mga bagay-bagay at kung paano ka nakikipag-ugnayan sa mga tao—kung ganyan ka nakikihalubilo at nakikipag-ugnayan sa iba, sasabihin nilang ikaw ay napakaingat, napakaseryoso at maingat sa lahat ng iyong ginagawa, ibig sabihin ay napakamapinsipyo mo. Anong damdamin ang mapupukaw nito sa kanila sa huli? Pag-isipan mo iyon nang dahan-dahan. Kung taglay mo sa iyong pag-asal ang mga bagay na dapat taglayin ng mga may normal na pagkatao, hindi mahalaga kung paano ka maaaring tasahin ng mga tao sa iyong likuran. Kung pakiramdam nila, sa kaibuturan ng

kanilang puso, na isa kang matuwid, maingat na tao, isang tao na may seryoso, responsableng saloobin sa lahat ng bagay, na marangal sa katangian, pagkatapos makihalubilo at makipag-ugnayan sa iyo nang sandali, sasang-ayunan at pahahalagahan ka nila. At pagkatapos, magkakaroon ka ng halaga bilang isang tao. Kung, pagkatapos na makihalubilo sa iyo nang ilang sandali, nakita nilang wala kang ginagawang anuman nang maayos, na ikaw ay tamad at sakim, ayaw matuto ng anuman, na ang iyong mga pamantayan ay higit sa iyong mga kapabilidad, na ikaw ay sadyang ganid at makasarili—at higit pa, na wala kang pakialam sa kalinisang pangkalusugan, at hindi iniisip na pangalagaan ang iyong kapaligiran; kung nakikita nila na hindi mo alam kung paano gawin ang anumang bagay na ginagawa mo, na ikaw ay sadyang may mababang kakayahan, at na hindi ka karapat-dapat pagkatiwalaan, hindi kayang gawin ang anumang gampanin na ibinibigay sa iyo nang maayos—talagang mawawalan ka ng halaga sa mga tao, at hindi ka na matuturing na isang tao. Sa kabuuan, hindi isang malaking bagay ang pagiging walang halaga sa iba—ang mahalaga ay kung ikaw rin ay mababang-uri, hamak, at walang halaga sa puso ng Diyos, tulad ng isang hayop, walang puso o espiritu, kung gayon ay may problema ka. Napakalayo mo pa para maligtas! Para sa sinumang tao na ang karakter ay hindi pasok sa pamantayan, na ang pananalita at kilos ay ganap na hindi kinokontrol, na parang isang hayop, may pag-asa ba siyang maligtas? Nasa panganib siya, sa nakikita Ko. Sa kalaunan, siya ay ititiwalag.

C. Ang Saloobin at Pag-uugali ng mga Tao sa Pakikipag-ugnayan Nila sa mga Kasalungat na Kasarian

Ang ating ikatlong aytem ay ang saloobin at pag-uugali ng mga tao sa pakikipag-ugnayan nila sa mga kasalungat na kasarian sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Isa itong isyu na haharapin ng lahat ng namumuhay kasama ng ibang tao, anuman ang kanilang edad. Anong aspekto ng pagkatao ang nakapaloob dito? Nakapaloob dito ang dignidad ng isang tao, ang pakiramdam ng kahihiyan ng isang tao, at ang estilo ng asal ng isang tao. Napakakaswal ng pagtingin ng ilang tao sa kanilang pakikipag-ugnayan sa kasalungat na kasarian. Pakiramdam nila ay balewala lamang ito hangga't walang nangyayari, at gayundin ang pagpapakasasa sa mahahalay na kaisipan o pagbubunyag ng ilang imoral na pagkahumaling. Dapat bang magkaroon ng gayong mga kaisipan ang isang taong may normal na pagkatao? Palatandaan ba ito ng normal na pagkatao? Kapag may sapat ka nang gulang upang mag-asawa at makipag-ugnayan sa kasalungat na kasarian, at nais makipagrelasyon, gawin mo ito nang normal, at walang sinumang makikialam. Pero ayaw ng ilang tao ang isang relasyon—nakikipaglandian sila nang ilang araw sa sinumang nakatatawag sa kanilang pansin, at sa sandaling may nakikilala silang natitipuhan nila at naaayon sa kanilang mga kagustuhan, nagsisimula silang magpakitang-gilas. At paano sila nagpapakitang-gilas? Isang nakataas na kilay, isang kindat ng mata, o pagbabago sa tono ng kanilang boses habang sila ay nagsasalita, o kaya ay kumikilos sila sa isang natatanging paraan o magsisimulang gumawa ng

mga nakakatawang pahayag upang mapansin sila; ito ay pagpapakitang-gilas. Kapag nagbubunyag ng mga ganitong pag-uugali ang isang tao na hindi normal na ganito, makatitiyak kang may ilang miyembro ng kasalungat na kasarian sa malapit na naaayon sa kanilang mga kagustuhan. Sino ang mga taong ito? Masasabi mo na umaasal sila sa mababang estilo at hindi nagtatakda ng malilina na hangganan sa pagitan ng mga kalalakihan at kababaihan, ngunit hindi sila nagpapakita ng anumang kasuklam-suklam na pag-uugali. Maaaring sabihin ng ilan na sadyang hindi lang sila nagseseryoso. Sa madaling salita, wala silang pagsasaalang-alang sa sarili; walang ideya tungkol sa paggalang sa sarili ang mga di-seryosong tao. May mga taong nagbubunyag ng mga ganitong katangian sa pang-araw-araw na buhay, ngunit hindi apektado ang pagganap nila sa kanilang mga tungkulin, ni hindi nito naaapektuhan ang pagtapos sa kanilang gawain, kaya't problema ba talaga ito? Sinasabi ng ilan: "Hangga't hindi nito hinahadlangan ang paghahangad nila sa katotohanan, kailangan pa ba itong pag-usapan?" Ano ang maiuugnay rito? Ang kahihyan at dignidad ng pagkatao ng isang tao. Hindi maaaring mawalan ng kahihyan at dignidad ang pagkatao ng isang tao, at kung wala ang mga ito, hindi maaaring maging normal ang kanilang pagkatao. May ilang tao na mapagkakatiwalaan, taimtim, at responsable, at masigasig sila sa lahat ng kanilang ginagawa. Wala silang anumang malaking problema, ngunit sadyang hindi nila sineseryoso ang aspektong ito ng kanilang buhay. Kapag nakikipaglandian ka sa isang miyembro ng kasalungat na kasarian, nakabubuti o nakasasama ba ito? Paano kung ang nilalandi mo ay mahulog ang loob sa iyo? Maaari mong sabihing "Hindi iyon ang ibig ko"; ngunit, kung nakikipaglandian ka pa rin sa sinuman kahit hindi naman pala iyon ang ibig mo, hindi mo ba sila pinaglalaruan? Pinipinsala mo sila! Medyo nagkukulang ito ng pagpapahalaga sa moralidad! Ang mga taong gumagawa nito ay may mababang karakter. Dagdag pa rito, kung wala kang balak na ituloy ang relasyong ito at hindi ka naman seryoso tungkol dito, ngunit itinataas mo pa rin ang iyong mga kilay at kinikindatan ang kasalungat na kasarian, at nagpapakitang-gilas nang may katuwaan at katatawanan, ginagawa ang lahat upang ipakitang mayroon kang estilo, na ikaw ay guwapo o maganda—kung nagpapakitang-gilas ka nang ganito, ano ba talaga ang ginagawa mo? (Nang-aakit ng mga tao.) May intensiyong mang-akit dito. Ngayon, ang ganitong uri ba ng mapang-akit na ugali ay marangal o pangit na bagay? (Ito ay isang pangit na bagay.) Dito ay sadyang wala nang anumang dignidad. Anong uri ng mga tao sa mundong ito ang mang-aakit sa iba? Mga bayaran, mga babaeng mahalay, mga tampalasan—hindi alam ng mga taong ito ang kahihyan. Ano ang ibig sabihin ng hindi pagkaalam ng kahihyan? Ibig sabihin nito na manhid sila sa kahihyan. Integridad, kahihyan, at karangalan, gayundin ang dignidad at reputasyon—wala silang pakialam sa alinman sa mga ito. Ang ganitong mga tao ay madalas na nagpapakitang-gilas at nakikipaglandian. Hindi sapat para sa kanila ang pakikipaglandian sa isa o dalawang tao, at hindi sobra para sa kanila ang walo o sampu. Aabutin ng libo-libo para mapasaya sila. May ilang babaeng may-asawa ang may dalawang anak, at walang sinuman sa labas ng bahay ang nakakaalam tungkol

dito. Bakit hindi nila ipinaaalam sa mga tao? Natatakot sila na kapag sinabi nilang kasal na sila at may karelasyon na, hindi na sila magtatagumpay sa kanilang mga pakikipaglandian, at mawawala ang kanilang pagiging mapang-akit at kabigha-bighani. Kaya hindi sila magiging bukas tungkol dito. Wala bang pakiramdam sa kahihyan ang gayong mga tao? Normal ba ang pagkatao ng isang tao kung mayroon itong mga gayong bagay? Hindi. Ang implikasyon nito ay kung ikaw ay may gayong pagkatao at gayong mga pag-uugali, wala kang normal na pagkatao; wala itong kahihyan at dignidad. May ilang tao na nagsisimulang haplusin ang kanilang buhok at ayusin ang kanilang mga damit sa sandaling napapalapit sila sa mga kasalungat na kasarian, o naglalagay sila ng kolorete at pulbos, ginagawa ang lahat ng kanilang makakaya para pagandahin ang kanilang sarili. Ano ang kanilang layon dito? Ang kanilang layon ay pang-aakit. Ito ay isang bagay na wala dapat sa normal na pagkatao. Na magawang makapang-akit ng mga tao sa ganitong paraan at walang nararamdamang anuman, iniisip na ito ay lubos na normal at karaniwan lang, na hindi ito isang malaking bagay, ay ang mawalan ng pakiramdam ng kahihyan at na hindi man lang malaman kung ano ang dapat at hindi dapat gawin. May ilang tao na handang maglakad pataas at pababa sa kalye nang hubo't hubad kung bibigyan sila ng sampung libong yuan. Anong klaseng tao sila? Sila ay mga taong walang pakiramdam ng kahihyan. Gagawin nila ang lahat para sa pera, nang walang kahihyan. Walang katuturan at walang kuwenta sa kanila ang integridad, karakter, pakiramdam ng kahihyan, at dignidad. Pakiramdam nila, talento nila ang abilidad nilang magpakitang-gilas at mang-akit ng iba, at ang tanging kagalakan nila ay nagmumula sa pagkakamit ng pabor ng mas maraming tao at pagkakaroon ng mas maraming tao na naghahangad sa kanila. Iyon ang pinakamataas na karangalan sa gayong babae; ito ang itinatangi niya. Hindi niya pinahahalagahan ang mga bagay na tulad ng dignidad, pakiramdam ng kahihyan, o karakter. Mabuting pagkatao ba ito? (Hindi.) Nagpakita ba kayo ng mga pag-uugaling ito? (Nagpakita kami.) Kung gayon, nagagawa ba ninyong pigilan ang mga ito? Kaya ba ninyong pigilan ang mga ito kadalasan, o kaya lang ninyo itong gawin nang madalang? May abilidad ba kayong pigilan ang inyong sarili? Ang mga taong kayang magpigil sa kanilang sarili ay ang mga may pusong nakakaalam ng kahihyan. Dumaraan sa bawat tao ang mga sandali ng kapusukan at kawalan ng kontrol sa sarili, pero kapag nagagawa ito ng mga kayang magpigil sa kanilang sarili, pakiramdam nila ay hindi tama ang ginagawa nila, na nagpapababa ito sa kanila, na kailangan nilang umiwas kaagad, at na hindi na nila ito dapat gawin pa. At kalaunan, kapag nakatagpo muli sila ng gayong bagay, nagagawa nilang kontrolin ang sarili nila. Kung wala man lang nitong kaunting kapasidad para sa pagpipigil sa sarili sa loob ng iyong pagkatao, ano ang hihimagsikan mo kapag tinawag ka para isagawa ang katotohanan? Ang ilang tao ay biniyayaan ng magandang hitsura, at patuloy na nasusumpungan ang sariling hinahabol ng kasalungat na kasarian; mas maraming taong naghahabol sa kanila, mas nararamdaman nilang kaya nilang magpakitang-gilas. Hindi ba't mapanganib ito para sa kanila? Ano ang dapat mong gawin sa ganitong sitwasyon? (Kilalanin at iwasan ang

kapahamakan na ito.) Isa talaga itong kapahamakan, na dapat mong iwasan—kung hindi, matatagpuan mo na lang ang sarili mong nabitag na ng taong iyon. Kailangan mong iwasan ang bitag na ito bago ka mabitag; tinatawag itong pagpipigil sa sarili. Ang mga taong may pagpipigil sa sarili ay may pakiramdam ng kahihyan at may dignidad. Iyong mga wala nito ay mabibighani ng sinumang mang-aakit sa kanila at kakagat sa bitag tuwing may sinumang naghahangad sa kanila, na nangangahulugan ng problema. Dagdag pa rito, sasadyain din nilang magpakitang-gilas, mag-aayos at magbibihis, at anumang damit na makapagpapaguwapo, mas makapagpapaakit-akit at makapagpaganda sa kanila, ay sadya nilang pipiliing isuot, at araw-araw na isusuot ang mga ito; mapanganib ito para sa kanila, at ipinapakita nito na sila ay isang taong sadyang nagtatangkang mang-akit ng iba. Kung masyado kang mukhang kapansin-pansin at nakakaakit sa mga damit na ito, dapat kang maghimagsik laban sa iyong laman at isuko ang pagsusuot ng ganitong mga damit. Kung determinado ka sa bagay na ito, magagawa mo ito. Pero kung wala kang ganitong determinasyon at gusto mong humanap ng kapareha, sige at hanapin mo ito: Makipag-ugnayan kayo nang normal sa isa't isa, nang walang pakikipaglandian. Kung hindi ka naghahanap ng kapareha, pero nakikipaglandian pa rin sa iba, matatawag lang ito bilang kawalan ng pakiramdam ng kahihyan. Dapat maging malinaw ka sa kung ano ang pinipili mo. Makatatalima ba kayong lahat sa mga prinsipyo? (Mayroon kami ng ganitong determinasyon.) Kung mayroon ka ng ganitong determinasyon, kung gayon ay mayroon kang lakas, motibasyon, at magiging madali na tumalima sa mga ito. Ang ilang tao, sa pinakabuod ng pagkatao nila, ay likas na disente, at bukod dito, dahil sa pagkakaroon ng pananalig sa Diyos, hinahangad nila ang katotohanan at tinatahak ang tamang landas, kaya wala sila ng pagnanais na iyon, at hindi tumutugon sa sinumang nagtatangkang makipaglandian sa kanila. Medyo madaling matukso dito ang ilang tao, samantalang hindi ito pinapansin ng iba; tila may ganitong determinasyon ang ilang tao, ngunit kahit sila mismo ay hindi nila masabi kung may determinasyon nga ba sila o wala. Tungkol sa pakikipag-ugnayan sa mga kasalungat na kasarian, ito ay isang bagay na dapat mong pangasiwaan nang tama at muling suriin, at tukuyin bilang bahagi ng dignidad at kahihyan ng normal na pagkatao. Paano nauugnay ang kawalan ng pakiramdam ng kahihyan sa kawalan ng pagkatao? Patas na sabihin na kung ang isang tao ay walang pakiramdam ng kahihyan, wala siyang pagkatao. Bakit lahat ng walang pagkatao ay hindi nagmamahal sa katotohanan? At bakit sinasabi natin na maaaring hangarin ng tao ang katotohanan kung nagtataglay siya ng pagkatao? Sabihin mo sa Akin, alam ba ng mga taong walang pakiramdam ng kahihyan kung ano ang mabuti at kung ano ang hindi? (Hindi.) Kaya, kapag gumagawa sila ng masasamang bagay na lumalaban at nagkakanulo sa Diyos at lumalabag sa katotohanan, nakakaramdam ba sila ng anumang paninisi sa sarili? (Hindi.) Makakapunta ba sila sa tamang landas kung hindi sila sinasaway ng kanilang konsensiya? Kaya ba nilang hangarin ang katotohanan? Manhid ang mga taong garapal at walanghiya; hindi nila kayang malinaw na matukoy ang mga positibo at negatibong bagay, o kung ano ang

iniibig ng Diyos at kung ano ang kinasusuklanan Niya. Kaya, kapag sinasabi ng Diyos na maging matapat ang mga tao, sinasabi nila, “Ano ang problema sa pagsasabi ng kasinungalingan? Hindi nakakababa ang pagsasabi ng kasinungalingan!” Hindi ba’t sasabihin ng isang taong walang kahihyan ang ganito? Kung nabigong maging matapat ang isang taong may pakiramdam ng kahihyan at natuklasan ito ng lahat, hindi ba’t mamumula ang kanyang mukha? Hindi ba’t hindi mapalagay ang kalooban niya? (Hindi siya mapalagay.) At paano naman ang isang taong walang kahihyan? “Bilang isang matapat na tao, kung ano ang iniisip ng iba, kung ano ang halaga ko sa kanila, o kung gaano nila ako pinahahalagahan—wala sa mga iyon ang mahalaga sa akin!” Wala silang pakialam. Kung gayon, kaya pa rin ba nilang hangarin ang katotohanan? Kung tatanungin mo sila pagkatapos nilang magsinungaling kung hindi sila mapalagay sa kanilang puso o kung nakakaramdam sila ng anumang paninisi sa sarili, sasabihin nila, “Ano ang ibig sabihin ng pagiging mapayapa? Ano ang paninisi sa sarili? Bakit kailangang maging napakahirap nito?” Wala silang gayong kamalayan. Makakasunod ba sa Diyos ang isang taong may gayong hindi maayos na katwiran? Kaya ba niyang hangarin ang katotohanan? Hindi niya ito hinahangad. Para sa kanya, walang mga hangganan sa pagitan ng mga positibo at negatibong bagay, sa pagitan ng katotohanan at kung ano ang lumalabag dito—pare-pareho ang lahat ng ito. Sa anumang paraan, sa palagay niya, ayos lang kung nagsisikap ang lahat, ginagawa ang kanilang tungkulin, at nagbabayad ng halaga. Walang anumang pagkakaiba sa mga bagay na ito. Hindi siya nakakaramdam ng paninisi sa sarili kapag nakagawa siya ng isang bagay na lumalaban sa Diyos, kapag nakagawa siya ng isang bagay na lumalabag sa mga katotohanang prinsipyo, kapag nakagawa siya ng isang bagay na nakapinsala sa mga interes ng isang tao, o kapag nakagawa siya ng isang bagay na nakagugulo sa gawain ng iglesia. Wala talaga siyang paninisi sa sarili. Dito, hindi ba’t wala siyang pakiramdam ng kahihyan? Ang mga taong walang pakiramdam ng kahihyan ay walang pagkilatis sa gayong mga bagay. Para sa kanila, ito ay tungkol sa paggawa ng anumang gusto nila. Kahit ano ay puwede; hindi na kailangang gamitin ang katotohanan para humusga. Kaya, walang paraan para sa mga taong walang pakiramdam ng kahihyan na makaunawa o magsagawa ng katotohanan. Ito ang ugnayan sa pagitan ng kawalan ng pakiramdam ng kahihyan at kawalan ng pagkatao. Kung gayon, bakit hindi ninyo ito nasasabi? Iniisip ninyong lahat, “Walang masyadong kinalaman sa katotohanan ang mga ipinangangaral Mo; napakalayo niyon dito. Karaniwang nagagawa naming makita nang malinaw ang mga bagay na ito, kaya kailangan Ka pa ba namin na magsalita tungkol sa mga ito?” Kung sa tingin ninyo ay wala itong kinalaman sa katotohanan, gaano karaming katotohanang realidad ang pinasok na ninyo? Isinasabuhay ba ninyo ang normal na pagkatao? Talaga bang naging mga tao na kayo na nagtataglay ng katotohanan at pagkatao? Masyadong mababa ang inyong tayog at hindi ninyo man lang kayang maunawaan ang mga bagay na ito, kaya anong katotohanang realidad ang maaari ninyong taglayin?

Sinasabi ng isa sa sampung atas administratibo ng sambahayan ng Diyos na: Ang tao ay may tiwaling disposisyon at, bukod pa rito, siya ay nagtataglay ng mga damdamin. Dahil dito, talagang ipinagbabawal sa dalawang kasaping magkaiba ang kasarian na magsama sa gawain nang walang kasama habang naglilingkod sa Diyos. Sinumang matuklasan na gumagawa nito ay ititiwalag, nang walang pagtatangi. Paano tinitingnan ng mga tao ang atas administratibo na ito? Kung ang isang lalaki ay nagkaroon ng di-wastong ugnayan sa higit sa tatlung babae, sabihin mo sa Akin, ano kaya ang mararamdaman ng mga taong nakarinig ng tungkol dito? (Hindi sila makakapaniwala.) Magugulat kang marinig ito; magugulantang ka, “Hala, ang dami niyon! Nakakadiri iyon, hindi ba?” At ano kaya ang naging pakiramdam ng lalaking iyon nang sinabi niya iyon sa iyo? (Aasta siyang parang hindi ito mahalaga sa kanya.) Hindi ito isang mahalagang bagay para sa kanya. Tanungin mo siya kung ano ang kinakain niya ngayon: “Kanin.” Tanungin mo siya kung ilang babae na ang nakasama niya: “Tatlumpu o higit pa.” Sasabihin niya ang dalawang bagay nang may eksaktong parehong tono ng boses at pag-iisip. Mayroon bang anumang kaligtasan para sa isang taong may ganitong pagkatao? Wala, kahit nananampalataya pa siya sa Diyos. Paanong hindi siya marunong mahiya kapag nagbubulalas siya ng ganoong salita? Nakakababang bagay ito! Paanong naibubulalas lang niya ito, kung ganoon? Sabihin mo sa Akin, may natitira pa ba siyang pakiramdam ng kahihyan? Wala, wala siyang ganoon. Naging manhid na ang pakiramdam ng konsensiya sa loob ng kanyang pagkatao, at wala na siyang pakiramdam. Hindi lang ito isang simpleng usapin ng pagiging imoral—ang mga taong walang kahihyan o dignidad ay hindi na mga tao. Mukha pa rin silang tao sa panlabas, pero gumuguho kaagad ito kapag may kailangan silang pangasiwaang isang bagay. May kakayahan silang gawin ang kahit ano, nang walang kaalaman ng kahihyan—at ibig sabihin niyon na hindi na sila mga tao. Tapusin natin dito ang ating usapan sa mga usaping ito.

Pag-isipan mo ang tatlong aspekto ng normal na pagkatao na ito na tinalakay natin ngayon—mahalaga ba ang mga ito? Ang mga bagay na ito ba sa normal na pagkatao ay hindi nakaugnay sa paghahangad sa katotohanan? (Hindi.) Kung gayon, ano ang kinalaman ng mga ito sa paghahangad sa katotohanan? Kung ang pagkatao ng isang mananampalataya sa Diyos ay hindi nagtataglay ng pagiging metikuloso, isang pakiramdam ng responsabilidad, o isang kapasidad para sa pagkamaasikaso sa kanyang mga kilos—kung wala siyang gayong pagkatao, ano ang matatamo niya sa pananampalataya niya sa Diyos at paghahangad sa katotohanan? Nagbahagi na tayo tungkol sa marami-raming katotohanan sa mga nakalipas na taon, mga katotohanan sa bawat larangan. Kung hindi ilalapat ng mga tao ang sarili nila o tatratuhin ang mga katotohanang ito nang may maingat na pag-iisip, bara-barang pinagsasama-sama ang lahat at walang ginawa nang maingat, makakamit ba nila nang ganito ang pagkaunawa sa katotohanan? Sinasabi ng ilang tao: “Kung hindi ko mauunawaan ang katotohanan, hindi ba puwedeng sauluhin ko na lang ang mga doktrina at terminolohiyang ito?” Magagawa mo bang makamit sa huli ang katotohanan sa ganitong paraan? Kung hindi

mo tinataglay ang ganitong uri ng normal na pagkatao at hindi tinataglay ang mga bagay na ito sa loob ng iyong pagkatao, ibig sabihin ay wala kang maingat, metikuloso, taimtim, at responsableng saloobin sa mga bagay-bagay, nagiging mga doktrina at islogan ang katotohanan sa iyo—nagiging mga regulasyon ito. Hindi mo makakamit ang katotohanan, dahil hindi mo ito magawang maunawaan. Higit pa riyan, kung hindi mo mapamahalaan nang maayos ang kapaligiran, nakagawian, at estilo ng iyong personal na buhay, makakapasok ka ba sa iba't ibang prinsipyo at kasabihan na may kinalaman sa katotohanan? Hindi mo magagawa. Higit pa rito, dapat mahalin ng mga tao ang mga positibong bagay sa buhay, at sa mga negatibo at buktot na bagay, dapat nilang panatilihin ang isang saloobin ng pagkasuklam at pandidiri sa kaibuturan ng kanilang mga puso. Ito ang tanging paraan para makapasok sa ilang katotohanan. Ibig sabihin nito na sa iyong paghahangad sa katotohanan, dapat tinataglay mo ang tamang saloobin at ang tamang balangkas ng pag-iisip; dapat kang maging isang kagalang-galang at seryosong tao. Tanging ang ganitong mga tao lang ang makakapagkamit ng katotohanan. Kung ang isang tao ay walang pakiramdam ng kahihyan, at nananatiling manhid at walang kamalayan sa puso kapag nakagawa siya ng maraming buktot na bagay, maraming bagay na naghihimagsik laban sa Diyos at lumalabag sa katotohanan, iniisip na hindi ito isang malaking bagay—may anumang silbi ba sa kanya ang katotohanan? Wala talaga itong silbi. Walang epekto sa kanya ang katotohanan, at hindi nito nagagawang pigilan siya, pagsabihan siya, gabayan siya, o ituro ang direksiyon at landas sa kanya, na nangangahulugang may problema siya. Paano maiintindihan ng isang tao na wala man lang pakiramdam ng kahihyan ang katotohanan? Para magawang maunawaan ng isang tao ang katotohanan, dapat maging sensitibo muna siya sa mga positibo at negatibong bagay sa kanyang puso. Nasusuya siya nang sobra kahit sa pagbanggit o pakikipagtagpo sa isang negatibo o buktot na bagay, at kung siya mismo ang gagawa ng gayong bagay, nahihya siya at hindi mapalagay. Nakakaramdam siya ng pagmamahal sa katotohanan at kayang tanggapin ang katotohanan sa kanyang puso; magagamit niya ito para pigilan ang kanyang sarili at baguhin ang mga mali niyang kalagayan. Hindi ba't ang mga bagay na ito ang dapat taglayin ng normal na pagkatao? (Oo.) Sa pagtataglay ng mga ito, hindi ba't nagiging madali para sa isang tao na hangarin ang katotohanan? At kung walang tinataglay ang isang tao ni isa sa mga ito, ang pagsasalita tungkol sa paghahangad sa katotohanan ay hungkag na usapan lang—paano niya magagawa iyon nang walang mga positibong bagay sa kanyang puso? Hangga't hindi nagtataglay ng mga bagay na ito ang iyong normal na pagkatao, hindi mag-uugat, mamumulaklak, at magbubunga ang katotohanan sa loob mo—hindi ito magkakaroon ng epekto. Kapag naunawaan mo na ang katotohanan, mababago mo ang iyong pag-iisip at mapipigil mo ang iyong pag-uugali, at mababawasan nang mababawasan ang iyong mga tiwaling pag-iisip. Ito ang tunay na pagbabago.

Ilan sa mga pagpapamalas na ito ng normal na pagkatao na tinalakay natin ngayon ang tinataglay ninyo? Ilan ang wala kayo? Ano ang tinataglay ninyo? (Isang pakiramdam

ng kahihiyang.) Isang pakiramdam ng kahihiyang—mabuti iyon. Ang pakiramdam ng kahihiyang ang pinakamaliit na dapat ninyong taglayin. Ano pa? Nagtataglay ba kayong lahat ng maingat at metikulosong mentalidad at saloobin sa mga tao, pangyayari, at bagay? Nakikita Ko na pabasta-basta kayo sa lahat ng inyong ginagawa, matamlay at nagpapabaya lang, at kapag nakikita Ko ang mga bagay na ginagawa ninyo, lalong nababalisa ang Aking puso. Makikita ba ninyo ang mga problemang ito nang kayo lang? Nag-aalala ba kayo kapag nakikita ninyo ang mga ito? (Oo.) Sa paanong paraan? Sabihin ninyo ang tungkol dito. (Ngayong kakarinig ko lang ng pagbabahagi ng Diyos, pakiramdam ko ay wala akong masyadong pagkatao, at na nagkaroon ako ng hindi seryosong mentalidad sa aking tungkulin at sa mga pangyayari sa aking buhay. Napakalayo ko sa mga pamantayang hinihingi ng Diyos. Medyo natatakot ako.) Masyadong maraming kulang sa inyong pagkatao, ganoon ba? Pakiramdam ninyo ay maraming taon na kayong nananampalataya sa Diyos at maraming katotohanan na kayong narinig, pero wala man lang kayo ng mga pinakapundamental na bagay ng pagkatao—paanong hindi kayo mababalisa? Ang ilang tao ay may kaunting teknikal na kasanayan, pero ang lahat ng kanilang ginagawa ay mahinang klase. Lahat ng ito ay mababa ang kalidad, hindi pasok sa pamantayan, at hindi sila tumitingin sa kung ano ang mga makabago at pamantayang pamamaraan. Hindi ba't ito ay pagiging atrasado ng pag-iisip nila? Halimbawa, minsan silang inatasang magkabit ng pinto at sinabi nila: “Kung saan ako nanggaling, karamihan sa mga pinto na mayroon kami ay mga pintong may isang panel.” Hindi itinatakda ng munting lugar na iyon na kanilang pinanggalingan ang pamantayan. Dapat nilang tingnan ang estilo ng mga pintuan sa mga negosyo at mga residensiyal na gusali sa malalaking lungsod, pagkatapos ay gawin ang kanilang trabaho batay sa realidad ng sitwasyon. Pero dito, ibinuka nila ang kanilang bibig at sinabi: “Hindi kami gumagawa ng mga pintong may dalawang panel sa aming lugar, at walang masyadong maraming tao rito. Hindi rin ito magiging isang malaking bagay kung marami mang tao—maaari naman silang magsiksikan na lang.” Sinabi ng isa pa: “Kung masyadong matagal na magsisiksikan ang mga tao, masisira nito ang hamba ng pinto. Pag-usapan natin ito. Gawin ninyo itong pintuan na may dalawang panel sa pagkakataong ito, bilang eksepsyon, ayos ba?” Pagkatapos sinabi nila: “Hindi! Gumagawa ako ng mga pinto na may isang panel; hindi ako puwedeng gumawa ng mga may dalawang panel. Ako ba ang nakakaalam kung paano ito gawin o ikaw? Ako—kaya bakit hindi mo ako pinakikinggan tungkol dito? Kailangan mong makinig sa akin!” Sinabihan silang magtrabaho ayon sa sitwasyon, pero hindi sila nakinig at nagpumilit na gumawa ng isang maliit na pinto. Hindi ba't abala ito? Nang sabihang maglagay ng dingding na salamin sa pagitan ng panloob at panlabas para makapasok ang liwanag at hindi maramdamang maliit ang espasyo, sinabi nila, “Bakit tayo magkakabit ng salamin? Panganib iyan sa seguridad, hindi ba? Hindi ako magkakabit ng salamin; ayos na ang dalawang pintong ito. Ito lang ang uri ng pinto na ginagamit namin kung saan ako nagmula.” Palagi nilang binabanggit ang mga bagay tulad ng “kung saan ako nanggaling,” “sa amin,” “nag-aral ako ng mga teknikal na bagay,” para pigilan

ang iba. Katotohanan ba ang mga bagay na iyon? (Hindi katotohanan ang mga iyon.) Para magkaroon sila ng gayong saloobin sa mga panlabas na bagay, ano ang kulang sa loob ng kanilang pagkatao? Pagkamakatwiran. At anong uri ng bagay, sa partikular, ang kulang sa kanilang pagkamakatwiran? Kabatiran. Palagi nilang nararamdaman na tama ang lahat ng bagay kung saan sila nagmula, na ito lang ang pinakamataas, na itong lahat ang katotohanan. Hindi ba't mahina ang kanilang pagkamakatwiran? Ano ang dapat na anyo ng normal na pagkamakatwiran? Nang may normal na pagkamakatwiran, sasabihin nila, "Maraming taon na ako sa trabahong ito, pero wala pa akong masyadong nakikita. Ganito namin lahat ginagawa ang mga pinto kung saan ako nagmula, kaya tingnan natin kung gaano kalaki ang mga pinto rito. Susundin natin ang ginagawa ng mga tao rito. Ibang lugar ito, at sa gampaning ito, dapat akong manatiling marunong makibagay." Hindi ba't pagkamakatwiran iyon? (Pagkamakatwiran ito.) Ang gayong tao ba ay may ganitong pagkamakatwiran, kung gayon? Hindi—wala siyang tinataglay na katwiran. At paano ito pinangasiwaan sa huli? Kailangang gawing muli ang trabaho. Hindi ba't kawalan ang muling paggawa ng trabaho? (Kawalan ito.) Oo, kawalan ito. Marami bang halimbawa ng gayong mga bagay? Mayroon. Matindi ang katigasan ng ulo ng taong iyon. Gaano katigas ang ulo niya? Hindi niya pinakinggan ang sinabi ng sinuman; ni hindi man lang din niya pinakinggan ang sinabi Ko, at sinalungat din niya Ako. Sinabi Ko, "Kailangan mo itong baguhin. Kung hindi mo ito babaguhin, hindi ito ang trabahong para sa iyo." At may lakas ng loob pa siyang sabihin, "Gagawa ako ng pinto na ganito kalaki kahit na hindi Mo ako kailangan!" Anong disposisyon iyon? Normal na pagkatao ba iyon? (Hindi.) Hindi ito normal na pagkatao—anong pagkatao ito, kung gayon? Sa nakikita Ko, para siyang hayop. Katulad lang ito ng kapag nauuhaw ang isang baka: Gaano man karaming kalakal o tao ang dala nito sa kariton, sa sandaling makakita ito ng lusak o ng ilog, hihilahin nito ang kariton papunta roon. Walang bilang ng mga tao ang makakahila nito palayo. Ito ay isang hayop na pinag-uusapan natin. May ganitong uri ng disposisyon din ba ang mga tao? Kapag mayroon sila nito, hindi ito normal na pagkatao, at mapanganib iyon. Maghahanap sila ng dahilan para tanggihan ka, para tumigil sa pakikinig. Sila ay masyadong matigas ang ulo at hangal. Sa gayong mga usapin sa pang-araw-araw na buhay, kung wala kang saloobin ng mababang-loob na pagtanggap, ng pagiging bukas sa mga opinyon ng iba, kung wala kang saloobin ng pag-aaral, paano mo matatanggap ang katotohanan? Paano mo ito maisasagawa? Sinasabi ng lahat na mas angkop na gumawa ng pinto na may dalawang panel. Ni hindi mo magagawa iyon, at malayo iyon sa pagsasagawa ng katotohanan—hindi ka man lang nakikinig sa mabuting mungkahi. Magagawa mo bang makinig sa isang bagay na may kinalaman sa katotohanan? Hindi ka makikinig, katulad nang dati. Hindi ito makakarating sa isang taong nagtataglay ng ganitong disposisyon, at nangangahulugan iyon ng malaking problema para sa kanila. Kung ang pagkatao ng isang tao ay hindi man lang nagtataglay ng ganitong uri ng katwiran, anong katotohanan ang maisasagawa nila? Para kanino nila ginagawa ang mga bagay na pinagkakaabalahan nila araw-araw?

Ginagawa nila ang mga ito nang ganap na ayon sa kanilang sariling mga kagustuhan, sa sarili nilang mga makasariling pagnanais. Araw-araw, taglay nila ang ganitong uri ng pananaw sa mga tao, pangyayari, at bagay na nakapaligid sa kanila sa pang-araw-araw na buhay: “Gagawin ko ang gusto ko, gagawin ko ang iniisip ko, at gagawin ko ang pinaniniwalaan ko.” Ano ang tawag dito? Sa buong araw, lahat ng iniisip nila ay ganap na masama. At kung napakasama nila sa puso, paano ang kanilang mga kilos? Mayroon bang isang bagay tulad ng isang tao na ang mga kaisipan ay masamang lahat, pero ang mga kilos ay naaayon pa ring lahat sa katotohanan? Hindi ito tama—magiging isang kontradiksiyon ito. Ang pag-iisip nila ay masamang lahat, at kung saan sila nagsisimula ay ganap na masama, kaya ang mga bagay na ginagawa nila, kahit papaano, ay hindi tatandaan. At sa mga bagay na hindi tinatandaan, ang iba ay mga pagkagambala at kaguluhan, ang iba ay mapanira, habang ang iba ay hindi masyadong masama. Kung seseryosohin ang mga bagay na ito, dapat kondenahin ang mga ito. Ganyan ito gumagana.

Umiiral sa ilang tao ang isang uri ng maling pananaw, isa na sa tingin ng iba ay labis na kasuklam-suklam. Ang mga taong ito ay may ilang kaloob o kalakasan, o marahil ay isang kagalingan, ilang kakayahan, o isang espesyal na abilidad sa ilang larangan, at pagkatapos nilang manampalataya sa Diyos, iniisip nila ang sarili nila na mga kapita-pitagang tao. Tama ba ang saloobing ito? Ano sa palagay mo ang pananaw na ito? Isang bagay ba ito na nabibilang sa pag-iisip ng normal na pagkatao? Hindi. Anong uri ng ideya ito, kung gayon? Hindi ba’t wala itong katwiran? (Wala nga.) Naniniwala sila, “Mas mataas ako kaysa sa mga ordinaryong tao dahil alam ko ang kagalingang ito, at mas mahusay ako kaysa sa karaniwang tao sa sambahayan ng diyos. Isa akong tao, nagtataglay ng kagalingan at abilidad, at mahusay akong magsalita at may talento. Namumukod-tangi ako sa sambahayan ng diyos. Ako ang pinakamagaling. Walang makakapag-utos sa akin, walang makakapamuno sa akin, at walang makakapagmando sa akin na gumawa ng anuman. Mayroon ako ng kasanayang ito, kaya gagawin ko ang gusto ko. Hindi ko kailangang pag-isipan ang mga prinsipyo—anuman ang gawin ko ay tama at naaayon sa katotohanan.” Ano ang palagay mo sa pananaw na ito? Hindi ba’t may mga taong ganito? Ang gayong mga tao ay wala sa minorya, at pumupunta sila sa sambahayan ng Diyos para magpasikat. Kung ginamit nila ang kanilang mga kalakasan o kasanayan para gawin ang isang tungkulin sa sambahayan ng Diyos, magiging ayos lang iyon, pero kung naroon sila para magpasikat, iba ang kalikasan ng problemang iyon. Bakit tinatawag itong “pagpapasikat”? Nakikita nila ang mga mananampalataya sa Diyos bilang hangal, bilang walang kuwenta. Hindi ba’t may naging mali sa kanilang pag-iisip? Hindi ba’t may mali sa kanilang pagkamakatwiran? Ganito ba talaga ang mga bagay-bagay? Talaga bang walang halaga ang mga taong nananampalataya sa Diyos? (Hindi.) Kung gayon bakit ganoon sila titingnan ng mga taong iyon? Bakit sila magkakaroon ng ganoong pag-iisip? Ano ang nagbubunsod sa gayong kaisipan? Natutunan ba nila ito mula sa mga walang pananampalataya? Iniisip nila na walang kuwenta ang mga taong nananampalataya sa Diyos, na lahat sila ay mga maybahay na misis at mister, na lahat

sila ay mga magsasaka, at na sila ay mula sa mababang antas ng lipunan. Ang pananaw nila ay ang pananaw ng malaking pulang dragon. Iniisip nila na ang mga taong nananampalataya sa Diyos ay walang kakayahan, na hindi nila magagawang umangkop sa lipunan, at na nanampalataya lang sila sa Diyos dahil walang landas para sa kanila sa labas, wala nang iba pang patutunguhan. Iniisip nila na dahil mayroon silang kaunting abilidad, may kaunting nalalaman tungkol sa ilang propesyon, o may ilang teknikal na kaalaman, ginagawa sila ng mga ito na taong may talento sa sambahayan ng Diyos. Tama ba ang kaisipang iyon? (Hindi.) Ano ang mali rito? Naniniwala sila na walang sinumang mga taong may kakayahan sa sambahayan ng Diyos, at sa kanilang kaunting propesyonal na kaalaman, gusto nilang humawak ng kapangyarihan at magkaroon ng huling salita sa mga bagay-bagay. May ganoong mga tao ba riyan? May mga tao bang tulad nito sa inyong tabi, o sa mga taong pamilyar kayo o kakilala ninyo? May ilang tao na may kasanayan sa isang partikular na larangan, at kapag pinakilos mo sila bilang lider ng pangkat o superbisor, pakiramdam nila ay nakakuha sila ng isang opisyal na posisyon. Pakiramdam nila na sila ang may huling salita sa sambahayan ng Diyos, na walang ibang nagbabantay sa mga interes ng sambahayan ng Diyos nang tulad nila o pinoprotektahan ang mga interes nito nang higit kaysa sa kanila, at na walang sinuman ang kasing tapat nila. Gusto nilang mamahala at makilahok sa lahat ng bagay, pero hindi nila napapamahalaan nang maayos ang anumang bagay, ni hindi nila hinahanap ang mga katotohanang prinsipyo. Hindi man lang sila nakikinig sa mga sinasabi Ko. May gayong mga tao ba riyan? (Oo.) May ganoong mga tao. Gamit ang partikular na kasanayang mayroon sila, nais nilang pamahalaan ang lahat at manungkulan. Halimbawa, kapag may mga kapatid na gumagawa ng isang bagay na hindi nila gusto, sasabihin nila: “Kailangan nating mapangasiwaan ang mga taong ito—sumusobra na sila!” Kapag ang mga mananampalataya sa Diyos ay may problema, ang katotohanan ay dapat na maibahagi sa kanila. Hindi ito isang kampo-militar kung saan dapat isagawa ang kontrol-militar. Sa mga usapin sa iglesia, malulutas lang ang mga problema sa pamamagitan ng pagbabahaginan tungkol sa mga salita ng Diyos at pagpapaunawa sa mga tao ng katotohanan. Ang mga hindi tumatanggap sa katotohanan at kumikilos nang pabastabasta at ayon sa kapritso ay maaaring pungusan—ang mga determinado lang na hindi tumanggap sa katotohanan ang maaaring disiplinahin. May ilang tao na nagsilbi bilang mga superbisor o bilang mga lider at manggagawa na malinaw na walang katotohanang realidad, pero palaging nagnanais na humawak ng kapangyarihan at magkaroon ng huling salita sa sambahayan ng Diyos. May konsensiya at katwiran ba ang mga taong ito? Alam lang nila ang ilang diskarte sa trabaho at hindi nauunawaan ang katotohanan kahit kaunti. Iniisip nila ang sarili nila na kapaki-pakinabang at may kakayahan, iniisip na sila ay mas mahusay kaysa sa karaniwang tao sa sambahayan ng Diyos, at nais nilang gawin ang gusto nila sa iglesia mula sa isang posisyon ng kapangyarihan—na magkaroon ng nag-iisang, huling salita. Hindi nila hinahanap ang mga katotohanang prinsipyo kundi kumikilos nang naaayon sa ninanais nila, ayon sa mga kagustuhan nila. Ano ang

problema rito? Hindi ba't ito ang disposisyon ng isang anticristo? Ang mga tao bang ganito ay may katwiran ng normal na pagkatao? Wala silang ni katiting nito. Tatapusin natin dito ang pagbabahaginan natin sa normal na pagkatao.

Isang Paghihimay Kung Paano Hinihimok ng mga Anticristo ang Iba na sa Kanila Lang Magpasakop, Hindi sa Katotohanan o sa Diyos

III. Isang Paghihimay tungkol sa Pagbabawal ng mga Anticristo sa Iba na Makialam, Magtanong, o Mangasiwa sa Kanila sa Kanilang Gawain

Bilang pagpapatuloy sa paksa ng ating huling pagbabahaginan ay ang ikawalong aytem sa iba't ibang paraan ng pagpapamalas ng mga anticristo: Hinihimok nila ang iba na sa kanila lang magpasakop, hindi sa katotohanan o sa Diyos. Hinati natin ang aytem na ito sa apat na subseksiyon. Ang dalawa ay pinag-usapan natin sa ating huling pagtitipon: Ang una ay na wala silang kakayahang makipagtulungan sa kahit na kanino; ang ikalawa ay mayroon silang pagnanais at ambisyon na kontrolin at lupigin ang mga tao. Ano ang ikatlo? Pagbabawal sa iba na makialam, magtanong, o mangasiwa sa kanila sa anumang gawaing inako nila. Ano ang maaaring kabilang sa anumang gawain na tinanggap nila? Kinabibilangan ito ng anumang programa sa gawain na maaaring responsabilidad ng isang lider o manggagawa, gayundin ang gawain na maaaring responsabilidad ng isang superbisor ng pangkat o isang lider ng pangkat; maaaring propesyonal na gawain rin ito sa ilang larangan, o gawain ng isang tao. Ang taong ito na tumanggap ng anumang gawain ay maaaring isang lider o manggagawa, o maaaring isa siyang ordinaryong kapatid. Kung pinagbabawalan niya ang iba na makialam, magtanong, o mangasiwa sa kanila, nasa anong kalagayan siya? Anong mga pag-uugali ang nauugnay sa pagbabawal na ito? Ito ay isa pang pag-uugali na nasa ilalim ng ikawalong pagpapamalas ng mga anticristo, isa pang pagbubunyag ng kanilang diwa. Sa tungkulin ng bawat uri, may ilang gawain na propesyonal, at may ilan na direktang kinasasangkutan ng buhay pagpasok. Kinapapalooban ang propesyonal na gawain ng lahat ng aspekto ng mga bagay tulad ng teknik, kaalaman, pagkatuto, at pamamahala sa mga tauhan. Ang lahat ng ito ay kabilang dito. May ilang tao, na matapos tanggapin ang isang trabaho, ay nagsisimulang gawin ito nang sila lang. Hindi nila ito tinatalakay sa iba, at kapag nahihirapan sila, hindi nila gustong hanapin ang pananaw ng iba; gusto lang nilang maging mga tanging tagahatol at may huling salita. Maaaring mag-alok ang ibang tao ng kanilang mga ideya at pananaw, umaasang matutulungan sila nang kaunti—pero tinatanggap ba nila ito? (Hindi.) Hindi, hindi nila kayang tanggapin. Anong uri ng disposisyon iyon? Anong disposisyon ang namamahala sa kanila, na pinagbabawalan nila ang iba na makialam, magtanong, o mangasiwa sa kanilang pagganap ng tungkulin? Naniniwala sila, “Alam ko ang tungkol sa linya ng gawaing ito, at alam ko ang teorya. Iniatas sa akin ng iglesia ang gawaing ito. Kaya, gagawin ko ito nang mag-isa.” Madalas nilang sinasabi na nauunawaan nila ang propesyon at na tagaloob sila para bigyang-katwiran

ang pagtanggap nilang isiwalat sa iba ang anumang impormasyong nauugnay sa gawain o sa pag-usap ng gawain. Ayaw nga rin nilang ipaalam sa iba ang tungkol sa mga kapalakan, pagkakamali, o aberya na nangyayari sa gawain. Kapag nalaman ng ibang tao ang gayong bagay at gustong magtanong, makisali, o malaman ang higit pa, tumatanggi silang sumagot, sa halip ay sinasabi, “Teritoryo ko ang mga bagay na saklaw ng aking gawain. Wala kang karapatang magtanong. Hindi ito iniatas sa iyo ng iglesia—ako ang inatasan nito, at kailangan ko itong panatilihin kumpidensiyal.” Makatwiran ba ang dahilan iyon? Tama ba sa kanila na “panatilihin itong kumpidensiyal”? (Hindi.) Bakit hindi? Magiging pagsisiwalat ng kumpidensiyal na impormasyon ang pakikipagbahaginan sa iba tungkol sa kalagayan ng gawain, mga kapalakan at problema na nangyari dito, at ang plano at direksiyon nito? (Hindi.) Hindi, maliban sa ilang partikular na detalye na maaaring magdulot ng panganib sa seguridad ng iglesia kung sakaling maisisiwalat ang mga ito, at na hindi nararapat na sabihin sa iba. Sa gayong mga kaso, ayos lang na hindi sabihin ang mga ito. Pero kung ginagamit nila ang pagiging kumpidensiyal ng mga ito bilang katwiran, at hindi hahayaang malaman ng iba ang anumang bagay na nasa saklaw ng kanilang gawain, at nilalabanan at tinatanggi ang mga pagtatanong, pangunguwestiyon, o paghingi ng impormasyon, mula sa mga ordinaryong kapatid at gayundin sa mga lider at manggagawa, ano ang problema roon, kung gayon? Maaaring gusto nilang gumawa ng isang bagay sa isang partikular na paraan, halimbawa. Sinasabi ng iba pa sa kanila, “Kung gagawin mo iyan nang ganyan, magdudulot ito ng kawalan sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, at maliligaw ka ng landas. Paano kung gawin natin ito nang gaya nito sa halip?” Iniisip nila sa sarili nila, “Kung gagawin ko ito tulad nang sinasabi mo, ipakikita niyon sa iba na hindi maganda ang paraan ko, hindi ba? At pagkatapos ay mapupunta sa iyo ang kredito para sa gawain, hindi ba? Hindi maaari iyon; mas gugustuhin ko pang malihis ng landas kaysa sundin ang iyong paraan. Paninindigan ko ang sarili kong paraan. Wala akong pakialam kung magdudulot ito ng kawalan sa mga interes ng sambahayan ng diyos; ang aking reputasyon at katayuan ang mahalaga—ang aking katanyagan ang mahalaga!” Kahit na mali ang ginagawa nila, lalo lang nilang pinapalala ang kamalian nila, at hindi nila pahihintulutan ang sinuman na makialam. Hindi ba’t iyon ang disposisyon ng isang anticristo? (Iyon nga.) Ano ang diwa ng hindi pagpapahintulot sa iba na makialam? Ito ay paggawa sa sariling proyekto ng isang tao. Ang mga interes ng sambahayan ng Diyos ay hindi ang mahalaga sa kanila, at ang gawain nito ay hindi ang kanilang pokus. Hindi sila gumagawa ayon sa prinsipyong iyon. Sa halip, gumagawa sila nang may pokus sa kanilang mga personal na interes at sa kanilang katayuan at katanyagan; ang gawain at mga interes ng sambahayan ng Diyos ay dapat na magsilbi sa sarili nilang katayuan at sarili nilang mga interes. Iyon ang dahilan kung bakit hindi nila hinahayaan ang iba na makialam o magtanong tungkol sa kanilang gawain. Naniniwala sila na sa sandaling may makialam sa kanilang gawain, manganganib ang kanilang katayuan at mga interes, na ang kanilang mga pagkukulang at kahinaan, pati na ang mga problema at paglihis sa

kanilang gawain, ay malamang na malalantad. Kaya, determinado silang pagbawalan ang iba na makialam sa kanilang gawain, at hindi nila tinatanggap ang pakikipagtulungan o pangangasiwa ng sinuman.

Anumang gawain ang ginagawa ng isang anticristo, natatakot siya na mas marami pang malalaman ang ang Itaas tungkol dito at magtatanong. Kung magtatanong ang ang Itaas tungkol sa kalagayan ng gawain o sa pamamahala sa mga tauhan, magbibigay lang siya ng pabasta-bastang pag-uulat ng ilang walang-kabuluhang bagay, ilang bagay na pinaniniwalaan niyang ayos lang na malaman ng ang Itaas, na walang mga magiging kahihinatnang dulot ng pagkaalam nila nito. Kung magtatanong ang ang Itaas tungkol sa iba pa nito, maniniwala siya na nakikialam ang mga ito sa kanyang tungkulin at sa kanyang “mga panloob na usapin.” Wala na siyang sasabihin pa sa mga ito, kundi magpapanggap na walang alam, manlilinlang at pagtatakpan ang mga bagay-bagay. Hindi ba’t tinatanggihan niya ang pangangasiwa ng sambahayan ng Diyos? (Tinatanggihan niya.) At ano ang gagawin niya kung may isang taong nakatuklas ng isa niyang problema at ilalantad siya at iuulat ito sa ang Itaas? Haharangan niya ito, hahadlangan ito—magbabanta pa nga siya: “Kung sasabihin mo ito at hahantong ito sa pagpupungos sa atin ng ang itaas, nasa iyo ang sisi. Kung pupungusan ang sinuman, ikaw iyon!” Hindi ba’t sinusubukan niyang magtatag ng isang nagsasariling kaharian? (Ganoon nga.) Hindi nga rin niya hahayaang magtanong ang ang Itaas, at walang sinuman ang may karapatang malaman ang tungkol sa mga bagay na nasa saklaw ng kanyang gawain o na kuwestiyunin siya tungkol sa mga bagay na iyon, lalong hindi ang gumawa ng mga rekomendasyon. Kung napasakamay niya ang isang programa sa gawain, siya lang ang maaaring magkaroon ng huling salita tungkol sa mga isyu na nasa saklaw ng gawaing iyon; siya lang ang makapagpapasya; siya lang ang makakakilos at makakapagsalita ayon sa gusto niya, at paano pa man siya kumilos, may katwiran siya para dito. Anong pamamaraan ng pagkilos ang ginagamit niya kapag may nagtatanong? Pagpapabasta-basta at pagtatakip. At ano pa? (Panlilinlang.) Tama iyan: panlilinlang—papakitaan ka pa nga niya ng huwad na anyo. Sa isang iglesia, halimbawa, ang isang lider o diyakono ng ebanghelyo ay maaaring malinaw na nagkamit lang ng tatlong tao sa iglesia na kanyang responsabilidad sa loob ng isang buwan, higit na mas kaunti kaysa sa ibang mga iglesia. Pakiramdam niya ay walang paraan para maipaliwanag iyon sa ang Itaas—kaya, ano ang ginagawa niya? Kapag nag-uulat siya ng kanyang gawain, nagdaragdag siya ng isang zero pagkatapos ng tatlong iyon at sinasabing nagkamit siya ng tatlumpung tao. May iba pang nakaalam nito at kinuwestiyon siya: “Hindi ba’t panlilinlang iyon?” “Panlilinlang?” sabi niya. “Bakit, magiging ayos lang naman ito kapag nagkamit tayo ng tatlumpung tao sa susunod na buwan para makabawi, hindi ba?” May katwiran siya para dito. Kung may ibang taong seseryosohin ang isyung ito at nanaising iulat ang mga katunayan sa ang Itaas, maniniwala siyang gumagawa ng problema ang taong iyon para sa kanya, na may galit ito sa kanya. Kaya, susupilin at haharapin niya ito—gagawa siya ng problema para dito. Hindi ba’t pinahihirapan niya rito ang mga tao? Hindi ba’t

gumagawa siya ng kasamaan? Hindi niya kailanman hinahanap ang mga katotohanang prinsipyo sa kanyang gawain, kaya ano ang layon niya sa paggawa ng gawain? Ito ay tungkol sa pagsiguro sa kanyang katayuan at kabuhayan. Anuman ang masasamang bagay na ginagawa niya, hindi niya sinasabi sa mga tao ang intensiyon at motibo sa kanyang ginagawa. Dapat niyang panatilihin lubos na lihim ang mga iyon; klasipikadong impormasyon ang mga bagay na iyon sa kanya. Ano ang pinakasensitibong paksa para sa mga taong tulad nito? Ito ay kapag tinanong mo sila, “Ano ang ginagawa mo kamakailan? Nagbunga ba ng anumang resulta ang pagganap mo sa iyong tungkulin? Nagkaroon ba ng anumang paggambala o panggugulo sa lugar na sakop ng iyong gawain? Paano mo pinangasiwaan ang mga ito? Nasa wastong kalagayan ka ba sa iyong gawain? Ginagawa mo ba nang tapat ang iyong tungkulin? Nagdulot ba ng mga kawalan sa mga interes ng sambahayan ng Diyos ang mga ginawa mong desisyon sa gawain? Natanggal na ba ang mga lider na hindi pasok sa pamantayan? Iniangat at nilinang na ba ang mga taong may mahusay na kakayahan na medyo naghahangad sa katotohanan? Sinupil mo ba ang mga taong naging suwail sa iyo? Anong kaalaman ang mayroon ka sa iyong tiwaling disposisyon? Anong uri ng tao ka?” Ang mga ito ang mga paksa na pinakasensitibo sa kanila. Pinaka-kinatatakutan nila na maitanong sa kanila ang mga ito, kaya, sa halip na hintayin kang tanungin mo sila, magmamadali silang maghanap ng ibang paksa para pagtakpan ang mga ito. Gusto ka nilang iligaw sa lahat ng paraan, pinipigilan kang malaman kung ano talaga ang sitwasyong ito, sa kasalukuyang kalagayan nito. Palagi ka nilang pinananatili sa dilim, palagi kang pinipigilang malaman kung gaano kalayo na talaga ang naabot nila sa kanilang gawain. Walang katiting na pagiging hayag doon. May tunay na pananalig ba sa Diyos ang gayong mga tao? May takot ba sila sa Diyos? Wala. Hindi sila kailanman maagap na nag-uulat ng tungkol sa gawain, ni hindi sila maagap na nag-uulat tungkol sa mga aberya sa kanilang gawain; hindi sila kailanman nagtatanong, naghahanap, o nagiging bukas tungkol sa mga hamon at kalituhan na naranasan nila sa kanilang gawain, kundi sa halip ay nagagawa pang pagtakpan ang mga bagay na iyon, niloloko at nililinlang ang ibang tao. Walang anumang pagiging hayag sa lahat ng kanilang gawain, at kapag pinilit lang sila ng ang Itaas na magbigay ng isang makatotohanang ulat at paliwanag na may pag-aatubili silang magsasabi nang kaunti. Mas gugustuhin pa nilang mamatay kaysa magsalita tungkol sa anumang isyu na may kinalaman sa kanilang reputasyon at katayuan—mamamatay sila bago magbigay ng isang salita tungkol doon. Sa halip, nagpapanggap silang hindi nakakaunawa. Hindi ba’t disposisyon iyon ng isang anticristo? Anong uri ng tao ito? Madali bang malutas ang ganitong uri ng problema? Kung bibigyan sila ng ang Itaas ng direksiyon sa kanilang gawain, ano ang saloobin nila tungkol doon? Pagpapabasta-basta. Tila pumapayag sila, at kumukuha pa nga sila ng kuwaderno o kompyuter at puspusang nagtatata—pero kapag nagawa na nila, naunawaan na ba nila ang gabay at gagawa na sila? (Hindi.) Pumopostura sila para makita mo, nagpapakitang-gilas para mailihis ka. Ano ba talaga ang iniisip nila? “Dahil ibinigay ang gawaing ito sa akin para

gawin, ako ang masusunod. Walang maaaring makialam sa gusto kong gawin. 'Mas may kontrol ang mga lokal na opisyal kaysa sa mga opisyal ng estado,' kaya mayroon ako ng karapatang ito. Kung hindi iyon ganoon, huwag mo itong ipangasiwa sa akin. Patalsikin mo ako." Ito ang iniisip nila, at ganito sila kumikilos. Anong disposisyon iyon? Hindi ba't disposisyon iyon ng isang anticristo? (Ganoon nga.) Nangangahulugan ito ng problema. Hindi ka pinahihintulutang makialam o magtanong, o mag-imbetiga at manguwestiyon. Medyo sensitibo sila ryan. Iniisip nila, "Ito ba ang ang itaas na sinusubukang suriin ang aking mga problema at suriin ang aking gawain? Sino ang nagsiwalat ng impormasyon?" Sa pagkataranta, sama-sama silang nagsisikap para malaman kung sino ang nagkompromiso sa kanila. Sa huli, nauuwi ang hinala nila sa dalawang tao, at pinalalayas nila ang mga ito. Anong problema ito? Ito ang disposisyon ng isang anticristo.

Ano ang pangunahing tanda ng disposisyon ng isang anticristo? Ang pagkapit sa katayuan at pagkontrol sa iba. Nagkakamit siya ng katayuan para kontrolin ang iba. Hangga't mayroon siyang katayuan, lehitimo niyang isasailalim ang mga tao sa kanyang pagkontrol. Bakit sinasabi Kong gagawin niya ito nang lehitimo? Dahil ang trabaho niya ay itinalaga sa kanya ng sambahayan ng Diyos; pinili siya ng mga kapatid para gawin ito. Hindi ba niya mararamdaman sa gayon na lehitimo siya sa paggawa nito? (Oo.) Kaya, nagsisilbi ito sa kanya bilang isang bagay na dapat pakinabangan, iniisip na: "Pinili ninyo ako, hindi ba? Kung pinili ninyo ako, dapat kayong magtiwala sa akin. May kasabihan ang mga walang pananampalataya: 'Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdudahan mo.'" Dito, gumamit pa nga siya ng satanikong kasabihan. Katotohanan ba ang kasabihang ito? (Hindi.) Ito ay satanikong maling paniniwala at panlilinlang. Kung magtatanong ka tungkol sa kanyang gawain, maglalabas siya ng gayong teorya: "'Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdudahan mo.' Kung ginagamit mo ako, hindi mo ako dapat pagdudahan. Kung hindi mo alam kung anong uri ako ng tao, kung hindi mo ako makilatis, huwag mo akong gamitin. Pero ginagamit mo ako, at dahil diyan, dapat manindigan ako sa posisyong ito. Dapat masunod ang sinasabi ko." Dapat masunod ang sinasabi niya sa lahat ng usapin sa gawain; hindi uubra na hindi siya hahayaan, o na hahanapan siya ng katuwang, o na aatasan ang iba na pangasiwaan o gabayan siya. Kung may darating para siyasatin ang kanyang gawain, tatanggi lang siya—pakiramdam niya ay wala siyang ginawang mali at hindi na kailangang siyasatin. Gamit ang mga karapatan, sinasamantala niya ang kanyang katayuan at awtoridad para kontrolin ang iba, ang lugar ng paggawa, at ang gawain ng iglesia. Hindi ba't nagtatatag siya ng isang nagsasariling kaharian? Hindi ba't isa itong anticristo? Maaaring inatasan siya ng sambahayan ng Diyos na gawin ang gawaing ito at gampanan ang tungkuling ito, pero hindi siya nito pinagagamit ng kapangyarihan bilang isang diktador. Hindi ba't nagkaroon ng maling pagkaunawa ang gayong tao sa layunin ng Diyos at sa mga pagsasaayos ng Kanyang sambahayan? Bakit palagi siyang kumakapit sa katayuan at kapangyarihan sa halip na gawin nang maayos

ang kanyang tungkulin? (Pinamamahalaan siya ng anticristong disposisyon.) Tama iyon—gayon ang disposisyon ng isang anticristo. Bakit nagkakaroon siya ng maling pagkaunawa kapag nagsasaayos ang iglesia ng gawain para sa kanya? Dahil likas na gusto niyang kontrolin ang mga tao. Iyon ang kanyang kalikasang diwa—iyon siya. Magsaayos ka ng gawain para sa kanya, at mararamdaman niyang nagtataglay na siya ngayon ng kapangyarihan at katayuan, at sa gayon ay may kontrol sa kanyang teritoryo. Kung pupunta ka sa kanyang teritoryo, kailangan mong gawin kung ano ang sinasabi niya. Halimbawa, minsang nagsaayos ang sambahayan ng Diyos para suriin ng isang lider ang gawain ng isang anticristo. Ang lider at ang anticristo na iyon ay parehong lider ng iglesia; pareho sila ng ranggo. Sinabi ng anticristo, “Lider ka ng iglesia, at lider ako ng iglesia. Pareho tayo ng ranggo. Huwag mo akong pakialaman, at hindi kita pakikialaman. Huwag kang makipagbahaginan sa akin—wala ka sa posisyong gawin iyon! At gusto mong magtanong kung kumusta ang mga bagay sa aming iglesia—tinagubilinan ka ba ng ang itaas na gawin ito? Ipakita mo sa akin ang ebidensya.” Sinabi ng lider, “Inutusan lang ako ng ang Itaas na magparating ng isang mensahe. Magtanong ka kung hindi ka naniniwala sa akin.” Sinabi ng anticristo, “Kung gayon ano ang nagbibigay sa iyo ng karapatang makipagbahaginan sa akin at gumawa ng mga akusasyon laban sa akin? Ano ang nagbibigay sa iyo ng karapatang magtanong tungkol sa mga bagay na nasa ilalim ng aking gawain? Wala kang karapatan para gawin iyon!” Naaayon ba ang mga salitang ito sa katotohanan? (Hindi.) Anong pamamaraan ng pagkilos ito? Isang bagay na isang anticristo lang ang gagawa. May isang kasabihan ang mga walang pananampalataya: “Kung malakas ka, tama ka.” Nakikipagkompetensiya sila para makita kung kaninong ranggo ang mas mataas, kung kaninong puwersa ang mas malakas, kung sino ang mas may kakayahan. Nakikipagkompetensiya sila para makita kung sino ang namamahala sa mas maraming tao. At sa sambahayan ng Diyos, nakikipagkompetensiya ang mga anticristo sa iba para makita ang parehong mga bagay na ito. Hindi ba sila napunta sa maling lugar? Ang isang tao ba na nagtataglay ng mga tiwaling disposisyon, pero hindi isang anticristo, ay karaniwang mag-iisip sa ganitong paraan kapag nakakatagpo siya ng isang lider ng iglesia na kapareho niya ng ranggo? Mayroon siyang ibubunyag, pero magagawa niyang makipagbahaginan sa lider ng iglesia na iyon nang normal. Talagang hindi niya sasabihin, “Nasa posisyon ka ba na magtanong tungkol sa gawain ko?” Hindi niya sasabihin iyon, dahil mayroon siyang normal na katwiran, at mayroon siyang may-takot-sa-Diyos na puso. Paano aasal ang isang taong may normal na katwiran? Lisipin niya, “Ang pagtatalaga sa atin para pamunuan ang iglesia—pagtataas sa atin iyon ng Diyos; ito ay Kanyang atas, at ito ay ating tungkulin. Kung hindi tayo inatasan ng Diyos na gawin ito, wala tayo. Ito ay hindi isang uri ng opisyal na posisyon. Kaya kong makipagbahaginan sa iyo tungkol sa gawain ng iglesia, at sa kung ano ang nangyayari sa mga kapatid, at sa aking karanasan sa gawain.” Makikipagbahaginan ba ang isang anticristo sa iba tungkol sa mga bagay na ito? Hindi—talagang hindi niya ibubunyag ang mga ito. Kaya, ang isang katangian ng

mga anticristo ay ang pagnanais para sa katayuan at kapangyarihan na humihigit sa mga ordinaryong tao; dagdag pa rito, mas tuso at mapanlinlang sila kaysa sa mga ordinaryong tao. Saan naipamamalas ang kanilang pagiging tuso at mapanlinlang? (Wala silang anumang sinasabi sa iyo. Wala silang anumang direktang sinasabi sa iyo.) Pakiramdam nila na ang bawat bagay ay isang lihim, isang bagay na hindi nila dapat sabihin sa iba. Sa bawat usapin, mapagbantay sila sa iba; pinananatili nilang nakabalot, nakatakip, at nakatago ang lahat. Maaari ba silang magkaroon ng normal na pakikipag-ugnayan at pakikipag-komunikasyon sa kanilang mga pakikitungo sa iba? Makakapagsabi ba sila ng anumang bagay mula sa puso? Hindi. Nagbibigay lang sila ng ilang mababaw na kasabihan at kaaya-ayang salita, para pigilan kang matantya ang tunay na sitwasyon. Pagkatapos mong makipag-ugnayan sa kanila nang ilang sandali, mararamdaman mo, “Sa itsura, tila hindi masama ang taong ito, pero bakit palagi kong nararamdaman na napakalayo ng puso niya sa ibang tao? Bakit palaging sobrang nakakailang na makipag-ugnayan sa kanya? Palagi kong nararamdaman na hindi siya maarok.” May ganoon ka bang pakiramdam? (Oo.) Iyon ang disposisyon ng isang anticristo: Mapagbantay siya sa lahat. At bakit siya mapagbantay? Dahil sa nakikita niya, sinuman ay maaaring magdulot ng banta sa kanyang katayuan. Kung hindi siya mag-iingat, kung hindi siya magiging mapagbantay, maaaring mapahintulutan niya ang iba na malaman kung ano talaga ang nangyayari sa kanya, ang tunay na sarili niya—at ang kanyang katayuan ay hindi na mapapanatili. Kaya, kapag nakakatagpo siya ng isang tao na nagtatanong tungkol sa kalagayan ng kanyang gawain at sa kanyang tungkulin, o nagtatanong tungkol sa kanyang personal na kalagayan, pagtatakpan niya ang kaya niyang pagtakpan at tatapusin ang kaya niyang tapusin. Kung ano ang hindi niya kayang tapusin, gagawa siya ng paraan para magpalusot, o itatago niya ang sarili niya mula sa iyo. May ilang anticristo na may kakaibang disposisyon: Kahit naninirahan sila kasama ng iba, hindi mo sila makikitang nagkakaroon ng mga normal na pakikipag-ugnayan sa sinuman, at wala silang normal na komunikasyon sa iba. Araw-araw, hindi sila nakikisalamuha sa iba, lumilitaw sa oras ng pagkain at naglalahong muli pagkatapos. Palagi silang nawawala. Bakit hindi sila nakikipag-ugnayan sa iba? Sasabihin nila ang anuman sa kanilang pamilya, kaya bakit wala silang masabi sa mga kapatid? May kasabihan ang mga walang pananampalataya: “Ang Taong Maraming Sinasabi ay Hindi Maiiwasang Makakagawa ng mga Pagkakamali.” Pinaninindigan ng gayong mga tao ang paniniwalang ito; hindi nila hahayaan ang sarili nilang magsalita nang walang ingat, dahil maaaring mailantad ng sinasabi nila ang kanilang layunin, na maglalandad sa kanilang kahinaan. Hindi masasabi kung aling salita ang makapagpapababa ng tingin ng iba sa kanila at makapagpapaalam sa iba kung ano talaga ang nangyayari sa kanila, kaya ginagawa nila ang lahat ng makakaya nila para maiwasan ang iba. Ang pag-iwas ba nilang ito ay hindi sinasadya, o may isang bagay ba sa loob nito na namamahala rito? May isang bagay roon na namamahala rito. Makatarungan at marangal ba ang bagay na iyon, o kaduda-duda ba ito? (Kaduda-duda ito.) Siyempre kaduda-duda ito. Hindi ito ang tanging

paraan na umaasal ang mga anticristo—kadalasan, hindi sila nakikipag-usap o nakikipag-ugnayan nang normal sa iba; minsan, gayumpaman, napakahusay nilang magsalita at nakakapagsalita sila—pero anong mga bagay ang sinasabi nila? Ano ang nilalaman ng mga ito? Nangangaral sila ng mga salita at doktrina, nagpapakitang-gilas sila. Sinasabi nila na kaya nilang gumawa ng aktuwal na gawain at lumutas ng mga aktuwal na problema, gayong sa katunayan, wala silang anumang tunay na kasanayan. Tanungin mo sila kung anong mga kakulangan mayroon sila, kung may mapagmataas na disposisyon sila, at sasabihin nila, “Sino sa tiwaling sangkatauhan ang hindi mapagmataas?” Tumingin ka roon—maging ang pagmamataas nila ay may batayan. Kabilang dito ang lahat sa loob nito, na para bang medyo wasto ang pagmamataas nila. Hindi nila kailanman hahanapin ang katotohanan, at tila hindi nila naiintindihan na may anumang problema o paghihirap sa gawain. At hindi mo malalaman ang tunay na sitwasyon sa pagtatanong sa kanila. Kapag wala silang magawa, tahimik lang silang uupo roon, at sa tuwing nagsasalita sila, magsasalita sila tungkol sa kanilang mga kalipikasyon. Hindi sila kailanman nagiging bukas; hindi nila sinasabi kung anong paghihimagsik o labis na pagnanais ang nasa kalooban nila, o kung paano nila sinusubukang gumawa ng mga kasunduan sa Diyos, o kung kanino sila nagsinungaling, o kung ano ang mga ambisyon nila sa paggawa ng gawain. Hindi nila kailanman binabanggit ang mga isyung ito, at kapag ginagawa ito ng iba, hindi sila interesado. Kahit na sa mga tanong na may kinalaman sa mga bagay na saklaw ng kanilang gawain, pahapyaw lang silang magsasalita nang kaunti. Sa madaling salita, sinumang nakikipag-ugnayan sa kanila, sa anumang haba ng panahon, ay labis na mahihirapan kung nais nilang matuto nang higit pa tungkol sa anumang bagay sa loob ng saklaw ng kanilang tungkulin, may kaugnayan man ito sa mga tauhan, propesyonal na pagsasagawa, o pag-usad ng gawain. Anuman ang anggulo ng iyong pamamaraan—sinusubukan mo mang ipasok ang iyong tanong sa di-tuwirang paraan, o itanong ito nang direkta, o itanong ito sa isang taong malapit sa kanila—hindi ka madaling makakakuha ng mga resulta. Napakamatrabaho nito. Hindi ba’t mapanlinlang iyon? (Oo.) Bakit napakamatrabahong kumuha ng anumang impormasyon tungkol sa mga bagay mula sa kanila? Bakit pinananatili nilang mahigpit na nakatago ang mga bagay? Ano ang layon nila? Gusto nilang manatiling sigurado sa kanilang katayuan at kabuhayan. Naniniwala sila, “Hindi madaling bagay na makuha ang katayuang ito, ang makarating sa kung nasaan ako ngayon—hindi ba’t mangangahulugan ito ng problema para sa akin kung gagawin kong hangal ang sarili ko sa paggawa ng pagkakamali sa isang sandali ng kawalang-ingat? At bukod pa rito, kung alam ng sambahayan ng diyos ang masasamang bagay na nagawa ko, sino ang makapagsasabi kung pangangasiwaan nila ako?” Gaano ka man magsalita tungkol sa pagiging bukas, at pagiging isang matapat na tao, at paggawa ng isang tungkulin nang tapat, mauunawaan ba nila ito? Hindi, hindi nila ito mauunawaan. Para sa kanila, isa lang ang kredo: Ang walang ingat na pagsasalita ay nagdudulot ng kapahamakan. Kung sasabihin mo sa iba ang lahat, wala kang abilidad—isang walang-kuwenta! Iyon ang kredo nila. Ganyan ang disposisyon ng mga anticristo.

Anumang gawain ang ginagawa ng isang anticristo, pinagbabawalan niya ang iba na makialam o magtanong, at higit pa ay pinagbabawalan niya ang sambahayan ng Diyos na pangasiwaan siya. Ano ang layon niya sa paggawa nito? Pangunahing nais niya na kontrolin ang hinirang na mga tao ng Diyos, na masiguro ang kanyang katayuan at ang kanyang kapangyarihan, na nangangahulugang sinisiguro niya ang kanyang kabuhayan. Iyon ang kanyang pangunahing layon. Kung kayo ay isang lider o manggagawa, natatakot ba kayong tanungin at pangasiwaan ng sambahayan ng Diyos ang inyong gawain? Natatakot ba kayong matuklasan ng sambahayan ng Diyos ang mga kapintasan at paglihis sa inyong gawain at pungusan kayo? Natatakot ba kayo na kapag nalaman na ng ang Itaas ang inyong tunay na kakayahan at tayog, maiiba ang tingin nila sa inyo at hindi kayo isasaalang-alang na iangat? Kung may ganito kang mga kinatakatutan, pinatutunayan nito na hindi para sa kapakanan ng gawain ng iglesia ang mga motibasyon mo, gumagawa ka alang-alang sa reputasyon at katayuan, na nagpapatunay na may disposisyon ka ng isang anticristo. Kung may disposisyon ka ng isang anticristo, malamang na tahakin mo ang landas ng mga anticristo, at gawin ang lahat ng kasamaang inihatik ng mga anticristo. Kung, sa iyong puso, hindi ka natatakot na pangasiwaan ng sambahayan ng Diyos ang iyong gawain, at nagagawa mong magbigay ng mga tunay na sagot sa mga katanungan at pag-uusisa ng ang Itaas, nang walang itinatagong anuman, at sinasabi kung ano ang nalalaman mo, kung gayon tama man o mali ang sinasabi mo, kahit ano pang katiwalian ang naibunyag mo—kahit naibunyag mo pa ang disposisyon ng isang anticristo—siguradong hindi ka ilalarawan bilang isang anticristo. Ang susi ay kung nagagawa mo bang kilalanin ang sarili mong disposisyon ng isang anticristo, at kung nagagawa mo bang hanapin ang katotohanan upang malutas ang problemang ito. Kung isa kang taong tinatanggap ang katotohanan, maaayos ang iyong anticristong disposisyon. Kung alam na alam mo na mayroon kang disposisyon ng isang anticristo pero hindi mo hinahanap ang katotohanan para lutasin ito, kung sinusubukan mo pang pagtakpan o pagsinungalingan ang mga problemang nagaganap at iniwasan ang responsabilidad, at kung hindi mo tinatanggap ang katotohanan kapag isinasailalim ka sa pagpupungos, kung gayon ay isa itong seryosong problema, at wala kang ipinagkaiba sa isang anticristo. Nababatid na may disposisyon ka ng isang anticristo, bakit hindi ka nangangahas na harapin ito? Bakit hindi mo ito maharap nang tapatan at sabihing, “Kung magtatanong ang ang Itaas tungkol sa aking gawain, sasabihin ko ang lahat ng alam ko, at kahit malantad pa ang masasamang bagay na nagawa ko, at hindi na ako gamitin ng ang Itaas sa sandaling malaman nila, at mawalan ako ng katayuan, sasabihin ko pa rin nang malinaw ang kailangan kong sabihin”? Ang takot mong pangasiwaan at kuwestiyunin ang gawain mo ng sambahayan ng Diyos ay nagpapatunay na mas pinahahalagahan mo ang iyong katayuan kaysa sa katotohanan. Hindi ba’t ito ang disposisyon ng isang anticristo? Ang pagpapahalaga sa katayuan nang higit sa lahat ay disposisyon ng isang anticristo. Bakit mo pinahahalagahan nang husto ang katayuan? Ano ang mga kapakinabangang makukuha mo mula sa katayuan? Kung naghatid sa iyo

ng kapahamakan, mga paghihirap, kahihiyan, at pasakit ang katayuan, pahahalagahan mo pa rin ba ito? (Hindi.) Napakaraming kapakinabangang nagmumula sa pagkakaroon ng katayuan, mga bagay na tulad ng inggit, paggalang, pagpapahalaga, at pambobola mula sa ibang mga tao, pati na ang kanilang paghanga at pagpipitagan. Nariyan din ang pakiramdam na superyor ka at may pribilehiyo na dulot ng iyong katayuan, na nagbibigay sa iyo ng dangal at pakiramdam ng pagpapahalaga sa sarili. Dagdag pa rito, matatamasa mo rin ang mga bagay-bagay na hindi natatamasa ng iba, tulad ng mga pakinabang ng katayuan at espesyal na pagtrato. Ito ang mga bagay na ni hindi ka nangangahas na isipin, at ang mga inaasam-asam mo sa iyong mga panaginip. Pinahahalagahan mo ba ang mga bagay na ito? Kung hungkag lamang ang katayuan, walang tunay na kabuluhan, at walang tunay na silbi ang pagtatanggol dito, hindi ba kahangalang pahalagahan ito? Kung kaya mong bitiwang ang mga bagay na tulad ng mga interes at tinatamasa ng laman, kung gayon hindi ka na matatali sa kasikatan, pakinabang, at katayuan. Kaya, ano muna ang kailangang malutas para maresolba ang mga isyung nauugnay sa pagpapahalaga at paghahangad sa katayuan? Una, kilatisin ang kalikasan ng problema ng paggawa ng masama at panlilinlang, pagtatago, at pagtatakip, maging pagtanggong sa pangangasiwa, pagtatanong, at pagsusuri ng sambahayan ng Diyos, upang matamasa ang mga pakinabang ng katayuan. Hindi ba't ito ay lantarang paglaban at pagsalungat sa Diyos? Kung makikilatis mo ang kalikasan at mga kahihinatnan ng pag-iimbot sa mga pakinabang ng katayuan, malulutas ang problema ng paghahangad ng katayuan. Kung hindi mo kayang makilatis ang diwa ng pag-iimbot sa mga pakinabang ng katayuan, hindi malulutas ang problemang ito kailanman.

Nakikipagtulungan ba kayo sa iba para gumawa ng gawain at gampanan ang inyong mga tungkulin? Tumatanggap ba kayo ng pangangasiwa? May nagawa ba kayong anumang para pigilan ang iba na makialam o magtanong? Kung may nagtatanong, nilalabanan mo ba sila at sinasabing, “Sino ka sa tingin mo para makialam sa gawain ko? Mas mataas ako ng isang ranggo sa iyo sa katayuan, at masusunod ang aking sinasabi sa aking gawain. Hindi nagtanong ang ang Itaas, kaya ano ang nagbibigay sa iyo ng karapatan?” May katulad ba niyan? Ano ang pangunahing disposisyon ng mga anticristo? Pag-okupa sa katayuan at pagsunggab sa kapangyarihan; hindi paggawa ng anumang bagay na kapaki-pakinabang sa gawain ng sambahayan ng Diyos, anumang bagay na nagmumula sa pagsasaalang-alang para sa mga interes nito, pero nagiging pabasta-basta at mapanlinlang, at walang sigla sa ginagawa. Sa panlabas ay tila medyo masigla silang abala sa kanilang mga gampanin, pero tingnan mo ang mga bagay na ginagawa nila, na una, ay walang pag-usad; pangalawa, ay hindi mahusay; at pangatlo, walang gaanong epekto—ganap na magulo ang pagkakagawa sa mga ito. May isang bagay lang silang hindi binibitiwan, at iyon ay ang paggamit ng pagkakataong ibinibigay ng kanilang trabaho para hawakan ang kapangyarihan at hindi bumitiw. Ayos sila hangga't mayroon silang kapangyarihan. Anumang trabaho ang ginagawa nila, may kinalaman man ito sa isang propesyon, sa mga panlabas na usapin, sa teknikal na

kasanayan, o sa iba pang aspekto, walang pagiging hayag dito, sa kabuuan. Hindi ba sinasadya ang kawalan ng pagiging hayag na ito? Hindi—ang hindi sinasadya ay hindi disposisyonal, kundi may kinalaman sa kawalan ng kakayahan at sa hindi pagkaalam kung paano gagawin ang gawain. Bakit, kung gayon, sinasabi Ko na ang disposisyong ito ay ang disposisyon ng isang anticristo? Kumikilos sila nang sinasadya. May intensiyon sila sa kalooban nila: Sinasadya nilang pigilan kang malaman ang mga bagay na ito, at sinasadyang magtago sa iyo at umiwas na makita ka. Binabawasan nila ang pagsasalita at komunikasyon nila sa iyo; binabawasan nila ang kanilang mga pakikipag-usap sa iyo. Binabawasan nila ang kanilang paglalantad ng mga bagay na ito, para hindi mo sila palaging sisihin at hindi ka palaging magtatanong sa kanila, para hindi masyadong marami ang iyong malalaman tungkol sa kung ano talaga ang nangyayari, para hindi mo mahahalata ang tunay nilang mukha. Hindi ba’t sinasadya iyon? Hindi ba’t may intensyon dito? Ano ang intensyon at layon nila? Nais ka nilang linlangin, para makapagpanggap sila; binibigyan ka nila ng huwad na impresyon at pinipigilan kang malaman ang totooong lagay ng mga bagay. Sa ganoong paraan, masisiguro nila ang kanilang katayuan, na ikalulugod nila. Hindi ba’t iyon ang kalikasan nito? (Ito nga.) Ito ang disposisyon ng mga anticristo, sinasadyang manlinlang, manloko, at pagtakpan ang mga bagay-bagay. Sinasadya ang lahat ng ito. Sabihin mo sa Akin, anong programa sa gawain ang nagpapanatiling abala sa mga tao na wala silang oras para makipagkita sa iba? Wala, tama? Walang programa sa gawain ang ginagawang sobrang abala ang isang tao na wala na siyang oras para kumain o matulog, o anumang oras para makipagkita sa iba. Hindi pa nagiging ganoon kaabala ang mga bagay-bagay. Maaaring mapunan ang oras para sa mga bagay na iyon. Kaya, bakit walang oras ang mga taong ito? Ayaw nilang makipagkita sa iyo; ayaw nilang magtanong ka tungkol sa kanilang gawain. Hindi ba’t iyon ang disposisyon ng isang anticristo? (Iyon nga.) Anong uri ng mga tao sila? Hindi ba’t sila ay mga hindi mananampalataya? Sila ay mga hindi mananampalataya—bawat isang anticristo ay hindi mananampalataya. Kung hindi, hindi nila aagawin ang gawain sa sambahayan ng Diyos, o kokontrolin ang mga sumusunod sa Diyos sa ilalim ng kanilang sariling kapangyarihan. Hindi nila gagawin ang mga bagay na tulad niyon. Ang unang pag-uugali ng mga hindi mananampalataya ay na wala talaga silang may-takot-sa-Diyos na puso. Nagpapakana sila para sa sarili nilang mga interes, sa pagkukunwaring nananampalataya sila sa Diyos; sila ay mapangahas at walang pakundangan, hindi talaga natatakot. Ang kanilang pananampalataya sa Diyos ay hindi tunay na pananalig, kundi isang islogan. Wala talaga silang takot sa Diyos sa kanilang puso.

Anong saloobin ang tinataglay ng ilang tao sa sandaling marinig nilang binabalak ng isang tao na pakialaman at pangasiwaan ang kanilang gawain? “Ayos lang ang pangangasiwa. Tinatanggap ko ang pangangasiwa. Ayos lang din ang pagtatanong—pero kung talagang pangangasiwaan mo ako, wala nang magiging paraan para magpatuloy ako sa aking gawain. Matatali ang aking mga kamay. Kung palaging ikaw ang may huling salita at gagawin akong tagapagpatupad, hindi ako makakapagsagawa. ‘Isa lang ang

pinunong maaaring manguna.” Hindi ba’t teorya ito? Ito ang teorya ng mga anticristo. Anong disposisyon ang tinataglay ng isang taong nagsasabi nito? Ito ba ang disposisyon ng isang anticristo? Ano ang ibig sabihin nito, “Isa lang ang pinunong maaaring manguna”? Hindi nga niya pahihintulutan ang ang Itaas na magtanong. Kung hindi magtatanong ang ang Itaas, hindi ba’t lalabag sa katotohanan ang mga kilos mo? May gagawin ka bang mali dahil sa mga pagtatanong? Ididiskaril ba ng ang Itaas ang gawain mo? Sabihin mo sa Akin, nagbibigay ba ang ang Itaas ng gabay sa gawain, nagtatanong tungkol dito, at nangangasiwa rito para matiyak na magagawa ito nang mas mahusay, o mas masahol? (Mas mahusay.) Buweno, bakit hindi tinatanggap ng ilang tao ang mga pinahusay na resultang iyon? (Pinamamahalaan sila ng disposisyon ng isang anticristo.) Tama iyon. Ito ang kanilang anticristong disposisyon—hindi nila mapigilan ang kanilang sarili. Sa sandaling magtanong ang isang tao tungkol sa gawain na kanilang responsabilidad, naiinis sila rito. Pakiramdam nila na ipamimigay sa iba ang kanilang mga interes, gayundin ang kanilang katayuan at kapangyarihan. Kaya, nababalisa sila. Pakiramdam nila ay nagulo ang kanilang mga plano at pamamaraan. At gagana ba iyon para sa kanila? Kung iniangat ng ang Itaas ang isang tao at inatasan ang taong iyon na makipagtulungan sa kanila, iniisip nila, “Wala akong planong gamitin ang taong ito, pero iginigiit ng ang itaas na magaling siya at iniangat siya. Hindi maganda ang pakiramdam ko tungkol dito. Paano ko magagawang makipagtulungan sa kanya? Kung gagamitin siya ng ang itaas, magbibitiw na lang ako!” Sinasabi nila ito sa salita, pero sa katunayan ba ay magagawa nilang bitiw ang kanilang katayuan? Hindi nila magagawa—ang ginagawa nila ay mapaghamon. Papayag ba sila na may sinumang gumagawa ng gawain na nagbabanta sa kanilang katayuan, na hindi nagtatampok sa kanila, na sumasabotahe sa kasalukuyan nilang sitwasyon? Hindi, hindi sila papayag. Kapag iniaangat ng ang Itaas ang isang tao o tinatanggal ang isang tao, halimbawa, ano ang iniisip nila? “Sampal sa mukha ko iyan! Hindi man lang nga sila dumaan sa akin. Bukod sa lahat, lider pa rin ako—bakit wala silang sinasabi sa akin nang maaga? Bakit, para bang wala talaga akong kuwenta!” Sino ka ba ha? Trabaho mo ba iyon? Una, hindi mo ito teritoryo, at pangalawa, hindi ka sinusunod ng mga taong ito, kaya bakit kailangan mong maging masyadong mahalaga sa kanila? Naaayon ba iyon sa katotohanan? Aling katotohanan? May mga prinsipyo sa pag-aangat ng ang Itaas sa isang tao o sa pagtatanggal nila sa isang tao. Bakit iniaangat ng ang Itaas ang isang tao? Dahil kailangan siya para sa gawain. Bakit tinatanggal ng ang Itaas ang isang tao? Dahil hindi na siya kailangan para sa gawain—hindi niya kayang gawin ang gawain. Kung hindi mo siya tatanggalin, at hindi pa nga hahayaan ang ang Itaas na gawin ito, hindi ba’t hindi ka tinatablan ng katwiran? (Oo.) Sinasabi ng ilan, “Para tanggalin ng ang itaas ang isang tao—gaano kalaking kahihyan ang idudulot nito sa akin. Kung binabalak nilang tanggalin ang isang tao, dapat nilang sabihin ito sa akin sa pribado, at gagawin ko ito. Trabaho ko iyon; bahagi ito ng aking nasasaklawan. Kung tatanggalin ko siya, ipapakita nito sa lahat kung gaano katalas ang pakiramdam ko sa mga tao, at na kaya kong

gumawa ng aktuwal na gawain. Isang karangalan iyon!” Ganito ba kayo mag-isip? Gusto ng ilang tao ang reputasyon at karangalan, at nagbibigay sila ng mga katwirang tulad nito. Gagana ba iyon? May saysay ba iyon? Sa isang banda, ginagawa ng sambahayan ng Diyos ang gawain nito alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo; sa kabilang banda, gumagawa ito ayon sa mga aktuwal na sitwasyon. Hindi puwedeng laktawan ang anumang antas ng pamunuan, lalo na pagdating sa mga pag-aangat at pagtatanggal ng ang Itaas, o ang kanilang gabay at mga tagubilin para sa ilang proyektong gawain—sa gayong mga kaso, lalo pa ngang hindi ito isang usapin ng paglaktaw sa isang antas ng pamumuno. Kaya, bakit hinahanap ng isang anticristo ang mga “kamalian” na ito? Isang bagay ang sigurado: Hindi niya nauunawaan ang katotohanan, kaya tinatasa niya ang gawain ng sambahayan ng Diyos gamit ang kanyang makataong pag-iisip at ang mga prosesong iyon na nasa mundo. Higit pa ryan, ang kanyang pangunahing layon ay nananatiling pangangalaga sa sarili, at dapat tinataglay niya ang kanyang karangalan. Mapanlinlang at tuso siya sa lahat ng bagay na ginagawa niya; hindi niya maaaring hayaang makita ng mga taong nasa ilalim niya na mayroon siyang anumang depekto o pagkukulang. Hanggang saan niya pananatilihin ang kanyang pagpapanggap? Hanggang sa makita siya ng iba bilang walang kapintasan, walang anumang katiwalian o mga pagkukulang. Makikita ng iba na angkop na gamitin siya ng ang Itaas at na dapat siyang piliin ng mga kapatid—perpekto siyang tao. Hindi ba’t iyon ang gusto niyang mangyari? Hindi ba’t iyon ang disposisyon ng isang anticristo? (Ito nga.) Oo, iyon ang disposisyon ng isang anticristo.

Ang pagbabahaginan natin ngayon lang ay tungkol sa isa sa mga pangunahing pag-uugali ng mga anticristo—pinagbabawalan nila ang iba na makialam, magtanong, o mangasiwa sa kanila sa kanilang gawain. Anumang mga pagsasaayos ang ginagawa ng sambahayan ng Diyos para masubaybayan ang kanilang gawain, o higit na malaman ang tungkol dito, o pangasiwaan ito, gagamit sila ng lahat ng uri ng teknik para hadlangan at tanggihan ang mga ito. Bilang halimbawa, kapag itinalaga ng ang Itaas ang ilang tao sa isang proyekto, lumilipas ang ilang panahon nang wala talagang anumang pag-usad. Hindi nila sinasabi sa ang Itaas kung ginagawa nila ito, o kung kumusta ito, o kung nagkaroon ba ng anumang nakaaabalang mga paghihirap o problema. Hindi sila nagbibigay ng feedback. Ang ilan sa gawain ay apurahan at hindi maaaring maantala, pero nagmamabagal sila, pinatatagal ito nang mahabang panahon nang hindi tinatapos ang gawain. Kaya’t dapat nang magtanong ang ang Itaas. Kapag ginagawa ito ng ang Itaas, nakararamdam ng matinding pagkahiya ang mga taong iyon mula sa mga pagtatanong, at nilalabanan nila ang mga ito sa kanilang puso: “Mga sampung araw pa lang mula nang itinalaga ako sa trabahong ito. Hindi ko pa nga gamay ang trabaho, pero nagtatanong na agad ang ang Itaas. Sadyang napakataas ng hinihingi nila sa mga tao!” Nandiyan sila, naghahanap ng mga pagkakamali sa mga pagtatanong. Ano ang problema rito? Sabihin mo sa Akin, hindi ba’t talagang normal para sa ang Itaas na magtanong? Bahagi nito ay ang pagnanais na higit na malaman ang tungkol sa kalagayan ng pag-usad

ng gawain, pati na rin ang kung anong mga paghihirap ang nananatiling dapat lutasin; bukod pa ryan, ito ay isang pagnanais na higit pang malaman ang tungkol sa kung anong uri ng kakayahan mayroon ang mga taong itinalaga nila sa gawaing ito, at kung talagang malulutas ng mga ito ang mga problema at magagawa ang trabaho nang maayos. Gustong malaman ng ang Itaas kung ano talaga ang mga totoong nangyayari, at kadalasan, nagtatanong sila sa gayong mga sitwasyon. Hindi ba't isang bagay iyon na dapat nilang gawin? Nag-aalala ang ang Itaas na hindi mo alam kung paano lutasin ang mga problema at hindi mo kayang pangasiwaan ang trabaho. Kaya nagtatanong sila. Medyo palaban at nasusuklam ang ilang tao sa gayong mga pagtatanong. Ayaw nilang hayaang magtanong ang mga tao, at hangga't ginagawa ito ng mga tao, lumalaban sila at may mga pag-aalinlangan, palaging nag-iisip, "Bakit palagi silang nagtatanong at naghahanap na mas marami pang malaman? Ito ba ay dahil wala silang tiwala sa akin at minamaliit nila ako? Kung wala silang tiwala sa akin, hindi nila ako dapat gamitin!" Hindi nila kailanman nauunawaan ang mga pagtatanong at pangangasiwa ng ang Itaas, sa halip ay nilalabanan ang mga ito. May katwiran ba ang ganitong mga tao? Bakit hindi nila pinahihintulutan ang ang Itaas na magtanong at mangasiwa sa kanila? Saka bakit sila mapanlaban at mapanuway? Ano ang problema rito? Wala silang pakialam kung epektibo ang pagganap nila sa kanilang tungkulin o kung nakahahadlang ito sa pag-usad ng gawain. Hindi nila hinahanap ang mga katotohanang prinsipyo kapag ginagawa nila ang kanilang tungkulin, sa halip ay ginagawa nila ang anumang gustuhin nila. Hindi nila iniisip ang mga resulta o kahusayan ng gawain, at talagang hindi nila iniisip ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, lalong hindi ang kung ano ang nilalayon at hinihingi ng Diyos. Ang pag-iisip nila ay, "May sarili akong mga paraan at nakagawian sa paggawa ng aking tungkulin. Huwag kayo masyadong humingi sa akin o maging masyadong detalyado sa paghingi sa akin ng mga bagay-bagay. Sapat nang nagagawa ko ang aking tungkulin. Hindi ako puwedeng mapagod nang husto o magdusa nang sobra." Hindi nila nauunawaan ang mga katanungan at mga pagtatangka ng ang Itaas na malaman ang higit pa tungkol sa kanilang gawain. Ano ang kulang sa kawalan nilang ito ng pagkaunawa? Hindi ba't nawawala rito ang pagpapasakop? Hindi ba't nawawala rito ang pakiramdam ng responsabilidad? Katapatan? Kung tunay silang responsable at tapat sa paggawa ng kanilang tungkulin, tatanggihan ba nila ang mga pagtatanong ng ang Itaas sa kanilang gawain? (Hindi.) Mauunawaan nila ito. Kung talagang hindi nila ito nauunawaan, iisa lang ang posibilidad: Nakikita nila ang kanilang tungkulin bilang bokasyon at kabuhayan nila, at sinasamantala nila ito, itinuturing ang tungkuling ginagawa nila bilang isang kondisyon at gamit sa pakikipagtawaran para makakuha ng gantimpala sa lahat ng pagkakataon. Gagawa lang sila ng kaunting prestihiyosong gawain para makalusot sa ang Itaas, nang walang anumang pagtatangka na tanggapin ang atas ng Diyos bilang tungkulin at obligasyon nila. Kaya, kapag nagtatanong ang ang Itaas tungkol sa kanilang gawain o pinangangasiwaan ito, nagkakaroon sila ng nasusuklam at mapanlaban na balangkas ng pag-iisip. Hindi ba't ganoon iyon? (Ganoon nga.) Saan nagmumula ang

problemang ito? Ano ang diwa nito? Ito ay na mali ang kanilang saloobin sa proyektong gawain. Iniisip lang nila ang kaginhawahan at kasiyahan ng laman, ang kanilang sariling katayuan at dangal, sa halip na isipin ang pagiging epektibo ng gawain at ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Hindi talaga nila hinahangad na kumilos ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Kung mayroon talaga silang kaunting konsensiya at katwiran, mauunawaan nila ang mga pagtatanong at pangangasiwa ng ang Itaas. Masasabi nila, mula sa puso, “Mabuti na lang at nagtatanong ang ang Itaas. Kung hindi, palagi akong susunod sa sarili kong kalooban, na makahahadlang sa pagiging epektibo ng gawain, o masisira pa nga ito. Nagbabahagi ang ang Itaas at masusing nagsusuri ng mga bagay-bagay, at talagang nakalutas ito ng mga aktuwal na problema—napakabuting bagay niyon!” Ipapakita nito na responsable silang tao. Natatakot sila na kung gagawin nila ang gawain nang sila lang, kung nagkaroon ng pagkakamali o kapintasan, at nagdulot ito ng kawalang hindi malulunasan sa gawain sa sambahayan ng Diyos, iyon ay magiging isang pananagutang hindi nila kayang pasanin. Hindi ba’t pagpapahalaga iyon sa responsabilidad? (Ganoon nga.) Ito ay pagpapahalaga sa responsabilidad, at tanda ito na tinutupad nila ang kanilang katapatan. Ano ang tumatakbo sa isipan ng mga taong hindi hahayaang magtanong ang iba sa kanilang gawain? “Ang trabahong ito ay aking gawain, dahil ako ang itinalaga rito. Ako ang nagpapasya sa sarili kong gawain; hindi ko kailangang makisangkot pa ang ibang tao!” Isinasaalang-alang nila ang mga bagay-bagay sa sarili nila, at ginagawa ang gusto nilang gawin, ayon sa idinidikta ng kanilang personalidad. Ginagawa nila ang anumang magbibigay sa kanila ng pakinabang, at walang sinuman ang pinahihintulutang magtanong tungkol sa mga bagay-bagay—walang sinuman ang pinahihintulutang malaman ang tunay na kalagayan ng mga usapin. Kung tatanungin mo sila, “Kumusta ang gampaning iyon?” sasabihin nila, “Sandali lang.” Kung tatanungin mo sila pagkatapos, “Paano ito umuusad?” sasabihin nila, “Malapit na.” Anuman ang itinatanong mo sa kanila, magsasabi lang sila ng isa o dalawang salita. Maglalabas lang sila ng ilang salita sa isang pagkakataon, at hindi na hihigit pa ryan—hindi sila magbibigay ng isang tumpak at tiyak na pangungusap. Hindi ka ba nasusulasok na makipag-usap sa ganitong mga tao? Halatang ayaw nilang magsabi ng kahit ano pa sa iyo. Kung magtatanong ka pa nang mas marami, mawawalan sila ng pasensya: “Tanong ka nang tanong tungkol sa maliit na bagay na iyon, na para bang hindi ko kayang gawin ang mga bagay-bagay—na para bang hindi ako karapat-dapat para sa gampanin!” Ayaw lang talaga nilang hayaan ang mga tao na magtanong. At kung patuloy mo silang kukuwestiyunin, sasabihin nila, “Ano ba ako sa iyo, isang asno o kabayo para utus-utusan? Kung wala kang tiwala sa akin, huwag mo akong gamitin; kung gagamitin mo ako, kailangan mong magtiwala sa akin—at ang pagtiwala sa akin ay nangangahulugang hindi ka dapat palaging nagtatanong!” Ito ang uri ng saloobin na mayroon sila. Tinatrato ba nila ang programang gawain bilang isang tungkulin na dapat nilang gawin? (Hindi.) Hindi tinatrato ng mga anticristo ang gawain bilang kanilang tungkulin, kundi bilang isang gamit sa pakikipagtawaran para makakuha ng mga pagpapala at isang gantimpala.

Kontento na sila sa pagtatrabaho lang, na gusto nilang ipagpalit sa mga pagpapala. Iyon ang dahilan kung bakit gumagawa sila nang may pabasta-bastang saloobin. Ayaw nilang makialam ang iba sa kanilang gawain, sa isang bahagi, para mapanatili ang kanilang dignidad at karangalan. Naniniwala sila na ang tungkulin na kanilang ginagampanan at ang gawaing ginagawa nila ay personal nilang pagmamay-ari, na mga pribadong usapin nila ang mga ito. Iyon ang dahilan kung bakit hindi nila hinahayaan ang iba na makialam. Ang isa pang bahagi nito ay na kung nagawa nila nang maayos ang gawain, maaari nilang angkinin ang kredito para dito at humiling na magantimpalaan. Kung may nakialam, ang kredito ay hindi na mapupunta sa kanila lang. Natatakot sila na maagaw ng iba ang kredito mula sa kanila. Kaya naman talagang hindi sila papayag sa pakikialam ng iba sa kanilang gawain. Hindi ba't makasarili at ubod ng sama ang mga taong tulad ng mga anticristo? Anumang tungkulin ang ginagawa nila, para lang silang nag-aasikaso sa kanilang mga pribadong usapin. Hindi nila hahayaang makialam o makilahok ang iba, anuman ang mangyari kapag may ginagawa silang isang bagay nang sila lang. Kung magagawa nila nang maayos ang bagay, hahayaan lang nilang mapunta ang kredito sa kanila lang, para hindi hayaan ang iba na umangkin ng bahagi ng kredito at mga resulta ng gawain. Hindi ba't nakababahala iyon? Anong disposisyon ito? Disposisyon ito ni Satanas. Kapag kumikilos si Satanas, hindi nito pinahihintulutan ang pakikialam ng sinuman, nais nitong magkaroon ng huling salita sa lahat ng ginagawa nito at kontrolin ang lahat ng bagay, at walang sinumang maaaring mangasiwa o magtanong ng anuman. Kung makialam o mamagitan ang sinuman, lalo namang hindi ito mapahihintulutan. Ganito kumilos ang isang anticristo; kahit ano pa ang ginagawa niya, walang sinumang puwedeng magtanong ng anuman, at kahit paano pa siya kumilos sa likod ng mga eksena, walang puwedeng makialam. Ganito ang pag-uugali ng isang anticristo. Ganito siya kumilos dahil sa isang banda mayroon siyang lubhang mapagmataas na disposisyon at sa kabilang banda, walang-wala siyang katwiran. Ganap na wala siyang pagpapasakop, at hindi niya pinahihintulutan ang sinuman na pangasiwaan siya o inspeksyonin ang kanyang gawain. Tunay ngang mga kilos ito ng isang demonyo, na ibang-iba sa mga kilos ng normal na tao. Sinumang gumagawa ng gawain ay nangangailangan ng pakikipagtulungan ng iba, kailangan niya ng tulong, mga mungkahi, at pakikipagtulungan ng ibang tao, at kahit pa may isang taong nangangasiwa o nagmamasid, hindi ito isang masamang bagay, kinakailangan ito. Kung may mangyari mang mga pagkakamali sa isang bahagi ng gawain, at natukoy ang mga ito ng mga taong nagmamasid at inayos ang mga ito kaagad, at naiwasan ang mga kawalan sa gawain, hindi ba't malaking tulong ito? Kaya naman, kapag gumagawa ng mga bagay-bagay ang matatalinong tao, gusto nilang pinangangasiwaan, inoobserbahan, at tinatanong sila ng ibang tao. Kung sakali mang may mangyari ngang pagkakamali, at nagawa itong tukuyin ng mga taong ito, at maitutuwid kaagad ang pagkakamali, hindi ba ito isang mas kanais-nais na kinalabasan? Walang sinuman sa mundong ito ang hindi nangangailangan ng tulong ng iba. Ang mga taong may autism o depresyon lamang ang gustong mapag-isa at hindi makipag-ugnayan

o makipagkomunika sa ibang mga tao. Kapag nagdurusa ang mga tao mula sa autism o depresyon, hindi na sila normal. Hindi na nila kayang kontrolin ang kanilang sarili. Kung normal ang isip at katwiran ng mga tao, subalit ayaw lang nilang makipag-ugnayan sa iba, at ayaw nilang malaman ng ibang mga tao ang tungkol sa anumang ginagawa nila, gusto nilang gawin ang mga bagay-bagay nang palihim, nang pribado, at gumawa sa likod ng mga eksena, at hindi makinig sa anumang sinasabi ng iba, ang gayong mga tao ay mga anticristo, hindi ba? Mga anticristo sila.

Minsan, nang makita Ko ang lider ng isang iglesia, tinanong Ko siya kung ano na ang nangyayari sa pagganap ng mga kapatid sa kanilang mga tungkulin. Tinanong Ko, “Mayroon bang sinuman sa iglesia sa kasalukuyan na nanggugulo sa buhay iglesia?” Mahuhulaan mo ba kung ano ang sinabi niya? “Maayos ang mga bagay; ayos ang mga ito.” Tinanong Ko, “Kumusta ang paggawa ni kapatid na ganito-at-ganyan ng kanyang tungkulin?” Sinabi niya, “Aayos lang.” Pagkatapos ay itinanong Ko, “Ilang taon na siyang nananampalataya sa Diyos?” Sinabi niya, “Aayos lang.” Sabi Ko, “Hindi dapat narito ang mesang ito; kailangan itong ilipat.” Sinabi niya, “Pag-iisipan ko iyan.” Sabi Ko, “Hindi ba’t kailangan ng kapisasong lupang ito ng pagdidilig?” Sinabi niya, “Pagbabahaginan namin iyan.” Sabi Ko, “Ito ang halamang itanim mo sa kapisasong lupang ito ngayong taon. Itanim mo ba ang parehong bagay sa susunod na taon?” Sinabi niya, “May plano ang aming grupo ng mga tagapagpasya.” Iyon ang uri ng mga sagot na ibinigay niya. Anong pakiramdam ang ibinibigay sa iyo na marinig ang mga ito? May nauunawaan ka bang anuman sa mga ito? Nagkamit ka ba ng anumang impormasyon? (Wala talaga.) Masasabi mo kaagad na pinaikot ka lang niya, itinuturing kang isang hangal, isang tagalabas. Hindi niya alam nang eksakto kung sino ang tagalabas; tinatawag ito ng mga walang pananampalataya na “isang panauhin na umaastang may-ari ng bahay.” Hindi niya kilala ang sarili niyang pagkakakilanlan. Sinabi Ko, “Napakaraming tao ang naninirahan dito, at hindi maganda ang sirkulasyon ng hangin. Dapat maglagay kayo ng bentilador, o magiging sobrang init dito, at puwedeng magkaroon ang mga tao ng heatstroke.” Sinabi niya, “Pag-uusapan namin iyan.” Sa lahat ng sinabi Ko sa kanya, kinailangan niyang pag-usapan ito, makipagbahaginan tungkol dito, at pag-isipan din ito. Anumang pagsasaayos na ginawa Ko, kahit anong sinabi Ko, walang kuwenta ito sa kanya. Para sa kanya, hindi mga pagsasaayos o utos ang mga ito, at hindi niya ipinatupad ang mga ito. Ano bang akala niya sa mga salita Ko, kung gayon? (Mga mungkahi para sa kanyang pagsasaalang-alang.) Binigyan Ko ba siya ng mga mungkahi para sa kanyang pagsasaalang-alang? Hindi—sinabi Ko sa kanya kung ano ang dapat niyang gawin, kung ano ang kinailangan niyang gawin. Hindi niya ba naunawaan ang sinabi Ko? Kung hindi, ibig sabihin niyon ay isa siyang taong mapurol ang isip na hindi alam kung ano ang kanyang pagkakakilanlan o kung anong tungkulin ang ginagawa niya. Napakaraming tao ang naninirahan doon, nang walang panloob na air conditioning o dumaraang hangin. Gaano ba siya katalino gayong hindi siya naglagay ng bentilador? Dapat siyang umuwi kaagad—basura siya, at hindi nangangailangan ng basura ang

sambahayan ng Diyos. Hindi alam ng mga tao ang lahat tungkol sa anumang bagay, pero maaari silang matuto. May ilang bagay Akong hindi nauunawaan, kaya tinatalakay Ko ang mga ito sa iba: “Ano sa tingin ninyo ang magandang paraan para gawin ito? Malaya kayong magbigay ng inyong mga mungkahi.” Kung iniisip ng ilang tao na magiging pinakamainam ang ilang paraan, sasabihin Ko, “Sige, gawin natin ang sinasabi mo. Hindi Ko pa rin naman napag-isipan kung ano ang dapat nating gawin. Susundin natin ang sinasabi mo.” Hindi ba’t iyon ang pag-iisip ng normal na pagkatao? Iyon ang ibig sabihin ng pakikisama sa iba. Sa pakikisama sa iba, hindi dapat gumawa ng pag-iiba ang mga tao sa pagitan ng kung sino ang nakakataas o nakabababa, o kung sino ang nakakakuha at hindi nakakakuha ng pansin, o kung sino ang may huling salita sa mga bagay. Hindi na kailangang gawin ang mga pag-iibang ito—kung kaninong daan ang tama at naaayon sa mga katotohanang prinsipyo, iyon ang dapat pakinggan. Kaya ba ninyong gawin ito? (Oo.) May ilang tao na hindi ito kaya. Hindi kaya ng mga anticristo—iginigiit nilang magkaroon ng walang anuman kundi ang huling salita. Anong uri ng bagay iyon? Hindi uubra sa kanila ang binabanggit ng iba, kahit na ito ay makatwiran; alam nilang tama at makatwiran ito, pero hindi nila susundin ang anumang iminungkahi ng sinuman—masaya sila hangga’t sila ang nagmungkahi ng isang bagay. Kahit sa maliit na usaping ito, nakikipaglaban sila para sa superyoridad. Anong disposisyon iyon? Ang disposisyon ng isang anticristo. Naglalagay sila ng labis na pagpapahalaga sa katayuan, kabantugan, at pride. Gaano kalaking halaga? Mas mahalaga ang mga bagay na iyon sa kanila kaysa sa kanilang buhay—pangangalagaan nila ang kanilang katayuan at kabantugan, kahit kapalit pa ito ng kanilang buhay.

Pinagbabawalan ng mga anticristo ang iba na makialam, magtanong, o mangasiwa sa anumang gawaing ginagawa nila, at naipapamalas ang pagbabawal na ito sa ilang paraan. Ang isa ay pagtanggap, ganoon kasimple. “Tigilan mo ang pakikialam, pagtatanong, at pangangasiwa sa akin kapag gumagawa ako. Anumang gawain na ginagawa ko ay responsabilidad ko, may ideya na ako kung paano ko ito gagawin at hindi ko kailangang pamahalaan ako ng sinuman!” Ito ay diretsahang pagtanggap. Isa pang pagpapamalas ay ang pagpapakitang bukas sa mga bagong ideya at mungkahi, sinasabing “O sige, magbahaginan tayo at tingnan natin kung paano dapat gawin ang gawain,” pero kapag nagsimula na talagang magtanong ang iba at sinubukang alamin pa ang tungkol sa kanilang gawain, o kapag may tumutukoy ng ilang isyu at nagbigay ng ilang mungkahi, ano ang kanilang saloobin? (Hindi sila tumatanggap ng mga bagong ideya at mungkahi.) Tama iyon—ayaw lang talaga nilang tumanggap, humahanap sila ng mga palusot at dahilan para tanggihan ang mga mungkahi ng iba, ginagawa nilang tama ang mali at mali ang tama, pero ang totoo, sa puso nila, alam nilang ipinipilit lang nila ang kanilang lohika, na nagsasalita lang sila ng matatayog na salita, na ang sinasabi nila ay teoretikal lang, na ang kanilang mga salita ay hindi kasingpraktikal ng kung ano ang sinasabi ng ibang tao. Pero para maprotektahan ang kanilang katayuan—at alam na alam nilang mali sila at na tama ang ibang tao—ginagawa pa rin nilang mali ang tama ng ibang tao,

at ang sarili nilang mali ang ginagawa nilang tama, at patuloy na isinasagawa ito, hindi pinahihintulutan ang mga bagay na tama at nakaayon sa katotohanan na matalakay o maisakatuparan kung saan naroon ang mga ito. Hindi ba't tinatrato nila ang gawain ng iglesia bilang isang laro, isang biro? Hindi ba't tumatanggi sila na tumanggap ng mga pagtatanong at pangangasiwa? Hindi nila ipinahahayag ang kanilang "pagbabawal" na ito nang walang pakundangan, sa pamamagitan ng pagsasabi sa iyo, "Hindi ka puwedeng makialam sa aking gawain." Hindi mukhang ganoon ang ginagawa nila, pero iyon ang kanilang pag-iisip. Gagamit sila ng ilang panloloko, at mukha silang taimtim sa panlabas. Sasabihin nila, "Nagkataon na kailangan talaga namin ng tulong, kaya ngayong narito ka, makipagbahaginan ka sa amin nang kaunti!" Maniniwala ang nakatataas na lider nila na nagiging totoo sila, at kaya makikipagbahaginan ito sa kanila, sinasabi sa kanila ang tungkol sa mga kasalukuyang sitwasyon. Kapag narinig na nila ang lider, maiisip nila: "Ganyan mo nakikita ang mga bagay—buweno, kailangan kong makipagdebate sa iyo, para pabulaanan at pasinungalingan ang iyong pananaw. Ipapahiya kita." Iyon ba ay isang saloobin ng pagtanggap? (Hindi.) Anong saloobin ito, kung gayon? Ito ay isang pagtanggap na tanggapin ang pakikialam, pagtatanong, o pangangasiwa ng iba sa kanila sa gawaing kanilang ginagawa. Kung ganyan naman pala ang gagawin ng mga anticristo, bakit sila nagpapanggap sa harap ng mga tao at nagkukunwaring may saloobin ng pagtanggap? Ang panlilinlang nila sa mga tao sa ganitong paraan ay nagpapakita kung gaano sila katuso. Natatakot silang makikilatis sila ng mga tao. Sa kasalukuyan, lalo na, may ilang tao na may kaunting pagkilatis, kaya kung direktang tatanggihan ng isang anticristo ang pangangasiwa at tulong ng iba, malalaman ito ng mga tao at makikilatis sila ng mga ito. Mawawala sa kanila kung gayon ang kanilang karangalan at katayuan, at hindi magiging madali para sa kanila na mahalal na lider o manggagawa sa hinaharap. Kaya, kapag sinusuri ng isang nakatataas na lider ang kanilang gawain, nagkukunwari silang tinatanggap ito, nagsasabi ng mga kaaya-aya at mapambolang mga bagay, ginagawang mag-isip ang lahat, "Tingnan mo kung gaano kabanal, kung gaano naghahanap ng katotohanan ang ating lider! Nagmamalasakit ang ating lider sa ating buhay at sa gawain ng iglesia. Inaako niya ang responsabilidad sa paggawa ng kanyang tungkulin. Pipiliin natin siyang muli sa susunod na halalan." Ang hindi inaasahan ng sinuman ay na kapag umalis na ang nakatataas na lider, magsasabi ang anticristo nang ganito: "Ayos lang ang sinabi ng taong iyon na nagsuri sa gawain, pero maaaring hindi ito angkop sa mga kondisyon sa ating iglesia. Magkakaiba ang mga bagay sa bawat iglesia. Hindi natin maaaring sundin ang sinabi niya sa kabuuan nito—kailangan nating isaalang-alang ito batay sa ating tunay na sitwasyon. Hindi natin maaaring ilapat ang mga regulasyon nang hindi nag-iisip!" At sa huli ay iniisip ng lahat na tama ito. Hindi ba't nailihis sila? Bahagi ng ginagawa ng isang anticristo ay ang magsalita ng mga kaaya-ayang salita at magkunwaring tinatanggap ang pangangasiwa ng iba; kaagad pagkatapos, sinisimulan niya ang gawain ng panlilihis at pambe-brainwash sa loob. Magkasabay niyang ipinatutupad ang dalawang bahagi ng diskarteng ito. May mga

panlilinlang ba siya? Marami, talaga! Sa panlabas, maayos siyang nagsasalita at nagkukunwari ng pagtanggap, pinapaniwala ang lahat na nakararamdam siya ng lubos na pagiging responsable sa gawain, na maaari niyang bitiwang ang kanyang posisyon at katayuan, na hindi siya awtoritaryan, kundi kayang tumanggap ng pangangasiwa mula sa ang Itaas o mula sa ibang mga tao—at habang ginagawa niya ang mga iyon, “nililinaw” niya sa mga kapatid ang mga kalamangan at kahinaan ng mga bagay, at “nililinaw” ang iba’t ibang sitwasyon. Ano ang pakay niya? Ang hindi tanggapin ang pakikialam, pagtatanong, o pangangasiwa ng ibang tao, at para ipaisip sa mga kapatid na ang kasalukuyang pagkilos niya ay makatwiran, tama, ayon sa mga pagsasaayos ng gawain sa sambahayan ng Diyos, at naaayon sa mga prinsipyo ng pagkilos, at na, bilang isang lider, sumusunod siya sa prinsipyo. Talagang iilan lang sa iglesia ang nakauunawa sa katotohanan; ang karamihan ay walang alinlangang hindi kayang kumilatis, hindi nila nakikita ang anticristo na ito kung sino talaga ito, at natural na inililihis nito. May ilang tao, halimbawa, ang hindi nakakatulog sa gabi dahil sa ilang partikular na dahilan. Buong gabi silang hindi nakakatulog. May dalawang uri ng mga tao, na sa kanila ay naipamamalas ang dalawang magkaibang paraan ng kakulangang iyon sa tulog. Ang unang uri ay nakakahanap ng pagkakataong nakatulog nang kaunti sa araw, hangga’t may pagkakataon. Hindi nila ipinaalam sa iba na hindi sila nakatulog. Iyon ay isang sitwasyon, isang paraan ng mga bagay-bagay. Walang intensiyon sa likod nito. Ang ibang uri ng tao ay umiidlip sa oras ng pagkain at sinasabi sa lahat, “Hindi ako nakatulog kagabi!” May nagtatanong, “Bakit hindi?” at sinasabi niyang, “Nagkaroon ng online na pagtitipon, at natuklasan ko ang ilang problema sa gawain. Nagpuyat ako buong gabi sa kalulutas ng mga ito.” Hindi sila tumitigil sa kasasalita, inaanunsiyong hindi siya nakatulog buong gabi. Nag-atubili ba siyang magpuyat? Bakit nagpapaliwanag siya sa grupo? May ibig sabihin ba ang paliwanag na iyon? Ano ang layon niya? Gusto niyang ipaalam sa buong mundo ang kanyang ginawa, sa takot na baka hindi malaman ng iba. Gusto niyang malaman ng lahat na nagdusa siya, na gising siya buong gabi, na handa siyang magbayad ng halaga sa kanyang pananampalataya sa Diyos, na hindi siya nag-iimbot ng kaginhawahan. Sa pamamagitan nito, ibig niyang makuha ang simpatiya at pagsang-ayon ng mga kapatid. Binibili niya ang puso ng mga tao sa pamamagitan ng paggawa ng mabababaw na pagganap na ito, at sa paggawa nito, nakukuha niyang pahalagahan siya ng iba, at nagkakamit siya ng katanyagan sa puso ng mga tao. Kapag may katayuan na siya, tiyak na magsasalita na siya nang may awtoridad. At kapag nagsasalita na siya nang may awtoridad, hindi ba’t matatamasa niya ang espesyal na pagtrato na kaakibat ng katayuan? (Oo.) Sa palagay mo ba ay sinamantala niya nang husto ang pagkakataong ito? Sinasabi ba ninyo sa iba kapag hindi kayo nakatulog, o kung nagpuyat kayo? (Nagawa na namin.) Noong ginawa ninyo, hindi ba ito sinasadya, o mayroon bang ilang intensiyon sa likod nito? Kaswal mo lang ba na sinabi sa isang tao nang biglaan, o gumawa ka ba ng isang engrangendeng proklamasyon, na nagpapakitang-gilas? (Biglaan ito.) Walang intensiyon sa pagsasabi nito; hindi iyon nagmumungkahi

ng problemang disposisyonal. May ganap na ibang kalikasan ang sabihin ito nang sinasadya at sabihin ito nang hindi sinasadya. Kapag kumikilos ang isang anticristo, ano ang motibo sa likod ng kanyang ginagawa, kung tila tinatanggap niya sa panlabas ang pakikialam at mga pagtatanong ng iba, o kung tinatanggihan niya ang mga ito nang tahasan—alinman ang mangyari? Kumakapit siya sa katayuan at kapangyarihan, at hindi niya ito bibitiwan. Hindi ba't iyon ang kanyang motibo? (Ito nga.) Tama—talagang hindi niya hahayaan na ang pinaghirapan niyang kapangyarihan, ang pinaghirapan niyang katayuan at katanyagan, ay mawawala na lang nang napakakaswal, sa isang sandali nang walang pag-iingat; hindi niya hahayaan ang sinuman na pahinain ang kanyang puwersa at impluwensiya sa pamamagitan ng pakikialam sa kanyang gawain o pagtatanong tungkol dito. Pinaniniwalaan niya ito: Ang gumawa ng isang tungkulin, ang tumanggap ng isang programang gawain, ay hindi talaga isang tungkulin, at hindi niya kailangang gawin ito bilang isang obligasyon; sa halip, ito ay ang magtaglay ng isang partikular na kapangyarihan, ang magkaroon ng ilang tao sa ilalim ng kanyang pamumuno. Naniniwala siya na sa pagkakaroon ng kapangyarihan, hindi na niya kailangang kumonsulta sa sinuman, pero may pagkakataon at kapangyarihan na ngayong mamuno. Ito ang uri ng saloobin na mayroon siya sa tungkulin.

May ilang iba pa na, kapag nagtatanong sa kanila ang ang Itaas tungkol sa kanilang gawain, nagiging pabasta-basta lang sila. Nagbibigay sila ng isang mababaw na pagganap at nagtatanong tungkol sa ilang walang-kabuluhang bagay, na para bang isang tao silang naghahanap sa katotohanan. Kung may isang insidente na malinaw na nagdudulot ng pagkagambala at kaguluhan, halimbawa, tatanungin nila ang ang Itaas kung ang taong naging sanhi nito ay dapat pangasiwaan. Hindi ba't bahagi ng trabaho nila ang isang bagay na tulad niyon? (Oo.) Ano ang hinahangad nila, sa pagtatanong sa ang Itaas tungkol dito? Ibig nilang bigyan ka ng huwad na anyo nila, para ipakita sa iyo na kung magtatanong sila kahit tungkol sa mga bagay na iyon, patunay ito na hindi sila walang ginagawa, na nagtatrabaho sila. Gumagawa lang sila ng isang huwad na anyo para ilihis ka. Ang katunayan ay mayroon silang ilang aktuwal na problema sa kanilang puso, at hindi nila alam kung paano magbahaginan tungkol sa katotohanan para malutas ang mga ito, ni hindi nila alam kung aling mga prinsipyo ang dapat nilang isagawa. May mga bagay na malabo sa kanila, sa pangangasiwa sa mga tao at sa pangangasiwa sa mga usapin, subalit hindi sila kailanman nagtatanong o naghahanap tungkol sa mga ito. Dahil hindi sila sigurado sa mga bagay na ito sa kanilang puso, hindi ba't dapat itanong nila sa Itaas ang tungkol dito? (Oo.) Hindi sila sigurado tungkol sa mga ito at hindi nakikilatis ang mga ito, subalit nagpapatuloy sa pagkilos nang pikit-mata—ano ang mga kahihinatnan niyon? Mahuhulaan ba nila kung ano ang mangyayari? Magagawa ba nilang pasanin ang responsabilidad para sa mga kahihinatnan? Hindi, hindi nila magagawa. Kaya, bakit hindi sila nagtatanong tungkol sa mga bagay na ito? May mga isinasaalang-alang sila sa hindi nila pagtatanong. Ang isa ay ang takot na makilatis sila ng ang Itaas: “Kung hindi ko man lang mapangasiwaan ang maliit na bagay na ito, at kailangang

magtanong tungkol dito, iisipin ng ang itaas na ang aking kakayahan ay hindi napakahusay. Hindi ba't magbibigay ito sa ang itaas ng pagkakataong makilatis kung sino talaga ako?" Nariyan din ang pagsasaalang-alang na kung magtatanong nga sila, at kung ang desisyon ng ang Itaas ay salungat at naiiba sa sarili nilang pananaw, mahihirapan silang pumili. Kung hindi nila gagawin ang sinasabi ng ang Itaas, sasabihin ng ang Itaas na nilalabag nila ang mga prinsipyo ng gawain; kung susundin nila, magdudulot ito ng kawalan sa sarili nilang mga interes. Kaya, hindi sila nagtatanong. Hindi ba't isinaalang-alang nila ito? (Oo.) Ganoon nga. Anong uri ng tao sila, na isinasaalang-alang ang mga bagay na ito? (Mga anticristo.) Mga anticristo talaga sila. Sa anumang bagay, magtanong man sila tungkol dito o hindi, sabihin man nila ito o isipin lang ito, hindi nila hinahanap ang katotohanan o itinuturing ang bagay na iyon ayon sa mga prinsipyo; sa lahat ng bagay, inuuna nila ang mga sarili nilang interes. May listahan sila sa puso nila ng mga bagay na maaari nilang ipahintulot na itanong at malaman ng ang Itaas, at mga bagay na ayaw talaga nilang malaman ng ang Itaas. Itinakda nila ang hangganan ng mga rehiyong iyon at hinati ang mga ito sa dalawang kategorya. Pahapyaw silang makikipag-usap sa ang Itaas tungkol sa mga hindi gaanong mahalagang bagay na iyon na hindi makapagdudulot ng banta sa kanilang katayuan, para makalusot sa ang Itaas; subalit sa mga bagay na maaaring maging banta sa kanilang katayuan, hindi sila magsasalita nang kahit ano. At kung magtatanong ang ang Itaas tungkol sa mga bagay na iyon, ano ang gagawin nila? Gagamit sila ng ilang salita para linlangin ang mga ito; sasabihin nilang, "Sige, tatalakayin namin ito ... patuloy kaming maghahanap ..."—maraming apirmasyon para sa iyo, nang walang anumang bagay na mababasa bilang paglaban. Sa panlabas na anyo, medyo mapagpasakop sila—subalit ang katunayan, may sarili silang mga kalkulasyon. Wala silang planong hayaan ang ang Itaas na gumawa ng mga desisyon; wala silang planong humingi ng mga mungkahi sa ang Itaas at hayaan ang mga itong magdesisyon, o maghanap ng ilang landas mula sa ang Itaas. Wala silang gayong mga plano. Ayaw nilang pahintulutan ang ang Itaas na makialam o malaman kung ano talaga ang nangyayari. Kapag nalaman na ng ang Itaas, kung gayon, anong banta ang idudulot nito sa kanila? (Mawawalan sila ng kasiguraduhan sa kanilang katayuan.) Hindi lang sila mawawalan ng kasiguraduhan sa kanilang katayuan—hindi na gagana ang kanilang mga plano at layon, at sa gayon ay hindi na sila magiging lehitimo sa kanilang paggawa ng kasamaan; hindi na nila masusunod ang sarili nilang mga plano nang lehitimo, lantaran, at walang pakundangan. Ito ang problemang haharapin nila. Kaya, kaya ba nilang matukoy kung paano kumilos sa paraang kapaki-pakinabang sa kanila? Tiyak na may mga kaisipan at kalkulasyon sila tungkol dito. Nasusumpungan ba ninyo ang sarili ninyo na nahaharap din sa gayong mga bagay? Ano ang iniisip ninyo tungkol sa mga ito, kung gayon? Paano ninyo tinatrato ang mga ito? Magbibigay Ako ng isang halimbawa. Minsan may isang lalaki na naging lider at medyo nadala siya nito; mahilig siyang palaging magpakitang-gilas sa harap ng iba para makuha ang pagpapahalaga nila. Nakasalubong niya ang isang kilala niyang walang pananampalataya, na gustong

humiram ng pera. Kaawa-awang ipinakiusap ng walang pananampalataya ang kaso nito kaya sa bugso ng damdamin, sa pananabik ng sandali, pumayag ang lider, na pagkatapos nito ay naisip niya, nang mahinahon at walang pag-aalinlangan, “Ako ang lider ng iglesia—ako dapat ang may huling salita sa pera ng iglesia. Pagdating sa mga bagay na pag-aari ng sambahayan ng diyos, ng iglesia, at mga handog—ako ang nasa katungkulan, kaya ang sinasabi ko ang masusunod. Ang pananalapi ay nasa aking pamamahala, at ang mga usapin sa tauhan ay nasa akin ding pamamahala—ako ang may huling salita sa lahat ng ito!” At kaya, ipinahiram niya ang pera ng sambahayan ng Diyos sa isang walang pananampalataya. Pagkatapos niyang gawin ito, nakaramdam siya ng kaunting pagkabahala, at pinag-isipan kung dapat ba niyang sabihin sa ang Itaas ang tungkol dito. Kung gagawin niya ito, maaaring hindi pumayag ang ang Itaas sa bagay na iyon—kaya, nagsimula siyang gumawa ng mga kasinungalingan at humanap ng mga palusot para linlangin ang ang Itaas. Ibinahagi ng ang Itaas ang mga katotohanang prinsipyo sa kanya, subalit hindi niya ito pinakinggan. Ganoon niya ginawa ang masamang gawa ng pagdidispalko ng mga handog nang pribado. Bakit mangangahas ang gayong tao na pagplanuhan ang mga handog? Isa ka lang lider ng iglesia—may karapatan ka bang pamahalaan ang mga handog? Ikaw ba ang may huling salita sa mga usapin ng mga handog at pananalapi? Paano mo dapat ituring ang mga handog sa Diyos, kung ikaw ay isang tao na may normal na pagkatao at katwiran, isang tao na naghahangad sa katotohanan? Hindi ba’t dapat isangguni sa ang Itaas ang mga usaping may kaugnayan sa mga handog, para makita kung ano ang desisyon ng sambahayan ng Diyos? Hindi ba’t karapatan ng ang Itaas na malaman ang tungkol sa gayon kalaking isyu? Oo. Ito ay isang bagay na dapat maging malinaw sa iyong puso; ito ang katwiran na dapat mong taglayin. Pagdating sa mga usapin sa pananalapi, ang parehong malalaki at maliliit na bagay, may karapatan ang ang Itaas na malaman. Isang bagay kung hindi magtatanong ang ang Itaas—subalit kapag nagtanong na ang ang Itaas, dapat kang sumagot nang totoo, at dapat kang magpasakop sa kung ano man ang desisyon ng ang Itaas. Hindi ba’t ito ang uri ng katwiran na dapat mong taglayin? (Ito nga.) Subalit may kapabilidad ba ang mga anticristo na gawin ito? (Wala.) Iyon ang pagkakaiba sa pagitan ng mga anticristo at ng mga normal na tao. Kung sa tingin nila ay may isang daang-porsiyentong tsansang hindi papayag ang ang Itaas sa bagay na iyon, at na magdurusa sila ng kawalan sa kanilang pride, mag-iisip sila ng lahat ng paraan para itago ito, para pigilan ang ang Itaas na malaman ang tungkol dito. Sisindakin pa nga nila ang mga taong nasa ilalim nila, at sasabihing: “Kung isisiwalat ito ng sinuman, laban sila sa akin. Makaririnig sila sa akin. Haharapin ko sila, anuman ang mangyari!” At sa mga nakatatakot na salitang iyon mula sa kanila, walang nangangahas na iulat ang bagay na iyon sa ang Itaas. Bakit nila gagawin iyon? Naniniwala silang, “Nasa ilalim ito ng saklaw ng aking awtoridad. May karapatan akong italaga at ipamahagi ang mga tao, pera, at materyales na sakop ng aking hurisdiksiyon!” Ano ang mga prinsipyo nila para sa pagtatalaga at pamamahagi? Gumagawa sila ng mga pagsasaayos ayon sa kalooban

nila, arbitraryo silang gumagamit at namimigay ng pera at mga materyales, nang hindi sumusunod sa anumang prinsipyo, winawaldas at sinasayang nila ang mga bagay na ito nang walang pagpili, at walang sinuman ang may karapatang makialam—dapat magkaroon sila ng huling salita sa lahat ng ito. Hindi ba’t ganyan sila mag-isip? Siyempre, hindi nila ito sasabihin nang malakas, sa gayong mga tahasang termino—subalit sa kanilang puso, ito talaga ang iniisip nila: “Ano ang silbi ng pagkakaroon ng katungkulan? Hindi ba’t tungkol lahat ito sa pera, tungkol sa patuloy na pagkakaroon ng pagkain at pananamit? Ngayon, nasa katungkulan ako; may gayon akong katayuan. Hindi ba’t kahangalan para sa akin na hindi samantalain ang aking kapangyarihan para gawin ang gusto ko?” Hindi ba’t iyon ang pinaniniwalaan nila? (Iyon nga.) Ito ay dahil may gayon silang disposisyon, at pinaniniwalaan ito, na nangangahas silang itago ang gayong bagay nang walang kaunting pag-aalinlangan, walang pakialam sa anumang kahihinatnan, sa anumang paraan at diskarteng maiisip nila. Hindi ba’t ganoon iyon? (Ganoon nga.) Hindi nila tinatasa kung tama o hindi ang bagay na iyon, o kung ano ang nararapat na gawin, o kung ano ang mga prinsipyo. Hindi nila isinasaalang-alang ang mga bagay na ito; ang tanging pagsasaalang-alang lang nila ay kung sino ang mangangalaga sa kanilang mga interes. Ang isang anticristo ay isang mapanlinlang, makasarili, ubod ng samang bagay! Gaano siya ka-ubod ng sama? Makukuha ito sa isang salita: Walang-kahihiyan! Hindi sa iyo ang mga taong iyon, ni ang mga bagay na iyon, at lalong hindi ang perang iyon—subalit gusto mo itong angkinin, para gamitin ayon sa gusto mo. Wala man lang karapatan ang ibang malaman ang tungkol dito; kahit na waldas at aksayahin mo ang mga bagay na iyon, walang karapatan ang iba na magtanong. Gaano kalayo na ang inabot mo? Napunta ka na sa kawalang-kahihiyan! Hindi ba’t kawalan ito ng kahihiyan? (Ganoon nga.) Iyon ay isang anticristo. Ano ang limitasyon ng isang karaniwang tao pagdating sa pera? Iniisip niya na ang mga iyon ay mga handog sa Diyos, at ang mga handog ay ibinibigay sa Diyos ng Kanyang hinirang na mga tao, kaya pagmamay-ari ang mga ito ng Diyos—mga “personal na pag-aari” Niya ang mga ito, tulad ng maaaring sabihin ng ilan. Ang pag-aari ng Diyos ay hindi pag-aari ng mga karaniwang tao, ni hindi ito pagmamay-ari ng sinumang tao. Sino ang Panginoon ng sambahayan ng Diyos? (Ang Diyos.) Oo, ito ay ang Diyos. At ano ang kabilang sa sambahayan ng Diyos? Kabilang dito ang Kanyang hinirang na mga tao sa bawat iglesia, gayundin ang lahat ng suplay at ari-arian ng bawat iglesia. Ang lahat ng bagay na ito ay pag-aari ng Diyos. Tiyak na hindi pag-aari ang mga ito ng isang tao, at walang sinuman ang may karapatang umangkin sa mga ito. Maiisip ba iyon ng isang anticristo? (Hindi.) Naniniwala siya na ang mga handog ay pag-aari ng sinumang namamahala sa mga ito, ng sinumang may pagkakataong kumuha mula sa mga ito, at kung ang isang tao ay isang lider, may karapatan siyang tamasain ang mga ito. Iyon ang dahilan kung bakit patuloy niyang hinahangad ang katayuan nang buo niyang lakas. Kapag nakuha na niya ito, matutupad na sa wakas ang lahat ng kanyang inaasam. Bakit niya hinahangad ang katayuan? Kung inatasan mo siyang maingat na pamunuan ang hinirang na mga tao ng Diyos, na may mga

prinsipyo sa kanyang mga pagkilos, subalit hindi siya pinahintulutang galawin ang mga ari-arian ng iglesia o mga handog sa Diyos, magiging aktibo pa rin ba siya sa kanyang pakikipag-agawan pataas? Talagang hindi. Pasibo siyang maghihintay, at hahayaang mangyari ang mangyayari. Iisipin niyang, “Kung mahalal ako, gagawin ko ang trabaho at gagawin ko nang maayos ang aking tungkulin; kung hindi, hindi ako sisipsip kahit kanino. Wala akong sasabihin o gagawin tungkol dito.” Dahil nga iniisip ng isang anticristo na bilang isang lider, may karapatan ang isang tao na magdikta at magtamasa ng lahat ng ari-arian ng iglesia kaya matindi niyang pinag-iisipan, sa kanyang mga pagtatangka na magsikap pataas, hanggang sa punto ng kawalang-kahihiyan, para makamit ang katayuan at matamasa ang lahat ng benepisyong dala ng katayuan. Ano ang ibig sabihin ng kawalang-kahihiyan? Ibig sabihin nito ay gumawa ng mga kahiya-hiyang bagay— iyon ang ibig sabihin ng kawalang-kahihiyan. Kung may magsasabi sa kanyang, “Masyadong kahiya-hiya ang mga ginagawa mo!” wala siyang pakialam, kundi iisipin na, “Ano ang kahiya-hiya rito? Sino ba ang may hindi gusto ng katayuan? Alam mo ba kung ano ang pakiramdam ng magkaroon ng katayuan? Ng magkaroon ng kontrol sa pera? Alam mo ba ang kagalakang iyon? Alam mo ba ang pakiramdam ng pribilehiyong iyon? Natikman mo na ba ito?” Ganyan tinitingnan ng mga anticristo ang katayuan, sa kaibuturan ng kanilang puso. Sa oras na makamit ng katayuan ang isang anticristo, gugustuhin niyang magkaroon ng kontrol sa lahat. Isasailalim din niya sa kanyang kontrol ang mga handog sa Diyos. Nais niyang magkaroon ng huling salita tungkol sa anumang bahagi ng gawain ng iglesia na may kinalaman sa paggasta ng pera, nang hindi kailanman kumokonsulta sa ang Itaas. Nagiging tagamahala siya ng pera ng sambahayan ng Diyos, at ang sambahayan ng Diyos ay nagiging kanya. May karapatan siyang magbigay ng huling salita tungkol dito, magdikta kung ano ang mangyayari dito, magbigay nito kay ganito at ganyan ayon sa gusto niya, magdikta kung paano gagastusin ang bawat bahagi nito. Sa mga handog sa Diyos, hindi siya kailanman kumikilos nang maingat at nang hindi padalus-dalos, ayon sa mga prinsipyo; sa halip, sobra siyang gastador, at kung ano ang sinasabi niya, iyon ang nasusunod. Ang taong tulad niyon ay isang tunay na anticristo.

Minsan may isang taong lihim na dinispalko ang mga handog sa Diyos, na isang seryosong problema. Hindi ito isang ordinaryong pagsalangsang; problema ito sa kanyang kalikasang diwa. Nang nakipag-ugnayan siya sa mga walang pananampalataya habang pinangangasiwaan ang ilang usapin, patuloy siyang nagpakitang-gilas para isipin ng mga tao na mayroon siyang pera at kapangyarihan. Dahil dito, nangutang ng pera sa kanya ang mga tao. Hindi lang sila hindi tinanggihan ng taong ito, nangako pa talaga siyang magpapahiram sa kanila ng pera, at pagkatapos ay ginawa ito sa pamamagitan ng paggamit ng mga mapanlinlang na taktika laban sa sambahayan ng Diyos. May seryosong problema ang taong ito. Sa gayong kalaking bagay, dapat kang mag-ulat sa ang Itaas, at ipaliwanag ang mga katunayan; hindi mo maaaring pakitunguhan ang mga tao gamit ang mga handog sa Diyos para sa kapakanan ng iyong sariling kredito at pride. Ganyan pangangasiwaan ng isang makatwirang tao na may-takot-sa-Diyos na puso ang gayong

mga usapin kapag nakatagpo niya ang mga ito. Subalit iyon ba ang ginagawa ng mga anticristo? Bakit sila tinatawag na mga anticristo? Dahil wala silang kahit katiting na may-takot-sa-Diyos na puso; ginagawa nila ang gusto nila, itinutulak ang Diyos, ang katotohanan, at ang mga salita ng Diyos sa likod ng kanilang isipan. Wala talaga silang tunay na pagpapasakop sa Diyos, subalit mas pinahahalagahan ang mga sarili nilang interes, sarili nilang kasikatan, pakinabang, at katayuan. Gumagamit sila ng mga mapanlinlang na paraan para ilihis ang mga lider at manggagawa ng iglesia, at sa gayon ay nagpapahiram ng pera sa mga walang pananampalataya. Pera ba nila ito? Sa ilang salita lang, ipinahihiram nila ito—hindi ba’t iyon ay pagreregalo mula sa mga handog sa Diyos? Ito ay isang bagay na ginagawa ng mga anticristo, at may ilang aktuwal na nakagawa na ng gayong mga bagay. Para magawa nila ang gayong bagay, malamang na mapangahas, lubhang mapagmataas at medyo mapanlinlang din ang disposisyon nila. Maliwanag din na hangal sila, mas hangal pa sa hangal—tiyak na mapapahamak sila sa sarili nilang mga pakana. Sabihin mo sa Akin, paano dapat pangasiwaan ang gayong mga tao? (Dapat silang patalsikin.) Iyon na iyon? Pagpapatalsik? Sino ang magbabayad sa mga pagkalugi? Dapat silang pagbayarin ng bayad-pinsala, at pagkatapos ay patalsikin. Hindi ba’t walang pakundangan ang mga anticristo, para magawa ang gayong bagay? Paano sila naiiba sa arkanghel? Walang pakundangang sasabihin ng arkanghel na, “Ako ang gumawa ng langit at lupa at lahat ng bagay—akin ang sangkatauhan para kontrolin!” Niyuyurakan at ginagawa nitong tiwali ang sangkatauhan ayon sa kalooban nito. Sa oras na nakuha na ng isang anticristo ang kapangyarihan, sasabihin niyang, “Dapat kayong maniwala lahat sa akin at sumunod sa akin. Ako ang namumuno rito, at nasa akin ang huling salita. Dumulog kayo sa akin para sa lahat ng bagay, at dalhin ninyo sa akin ang pera ng iglesia!” Sinasabi ng ilang tao na, “Bakit dapat naming ibigay sa iyo ang pera ng iglesia?” at sinasabi ng anticristo na, “Ako ang lider. Karapatan kong pamahalaan ito. Dapat kong pamahalaan ang lahat, pati na ang mga handog!” At pagkatapos, pinamumunuan niya ang lahat. Walang pakialam ang mga anticristo sa kung anong mga problema o paghihirap mayroon ang mga kapatid sa buhay pagpasok ng mga ito, o kung anong mga aklat ng mga sermon at mga salita ng Diyos ang kulang sa mga ito. Ang mahalaga sa kanila ay kung sino ang may hawak ng pera ng iglesia para sa pag-iingat, at kung magkano ito, at kung paano ito ginagamit. Kung nagtatanong ang ang Itaas tungkol sa kalagayan ng pananalapi ng iglesiang iyon, hindi lang nila hindi ibibigay ang pera ng iglesia—hindi nga rin nila hahayaang malaman ng ang Itaas ang mga katunayan. Bakit hindi nila gagawin iyon? Dahil gusto nilang lustayin at kunin ang pera ng iglesia para sa kanilang sarili. Pinaka-interesado ang mga anticristo sa mga materyal na bagay, pera, at katayuan. Tiyak na hindi sila katulad ng kung paano sila nagsasalita sa panlabas, “Naniniwala ako sa diyos. Hindi ko hinahangad ang mundo, at hindi ako nag-iimbot ng pera.” Talagang hindi sila katulad nang sinasabi nila. Bakit nila hinahangad at pinananatili ang katayuan nang buo nilang lakas? Dahil gusto nilang angkinin, o kontrolin at agawin, ang lahat ng nasasakupan nila—pera at mga materyal na bagay,

sa partikular. Tinatamasa nila ang pera at mga materyal na bagay na ito na para bang benepisyong mga ito ng kanilang katayuan. Mga tunay na inapo sila ng arkanghel, na may kalikasang diwa ni Satanas sa pangalan at sa katunayan. Ang lahat ng naghahangad sa katayuan at nagpapahalaga sa pera ay tiyak na may problema sa kanilang disposisyong diwa. Hindi ito kasing simple ng pagkakaroon lang nila ng disposisyon ng anticristo: Napaka-ambisyoso nila. Gusto nilang kontrolin ang pera ng sambahayan ng Diyos. Kung ginawa silang responsable para sa isang aytem ng gawain, kung gayon una sa lahat, hindi nila hahayaang makialam ang iba, at hindi rin sila tatanggap ng mga tanong o ng pangangasiwa mula sa ang Itaas; higit pa riyan, kapag sila ang mga superbisor ng anumang aytem ng gawain, hahanap sila ng mga paraan para magpakitang-gilas, protektahan ang sarili nila, at iangat ang sarili nila. Palagi nilang gustong mangibabaw, para maging mga taong namamahala at kumokontrol sa iba. Nais din nilang humawak at makipag-agawan para sa mas mataas na katayuan, at maging ang kontrolin ang bawat bahagi ng sambahayan ng Diyos—ang pera nito, lalo na. May espesyal na pagmamahal ang mga anticristo sa pera. Kapag nakikita nila ito, nagliliwanag ang kanilang mga mata; sa kanilang isipan, palagi silang nag-iisip tungkol sa pera at nagsusumikap para dito. Ang lahat ng ito ay mga palatandaan at senyales ng mga anticristo. Kung makikipagbahaginan ka ng katotohanan sa kanila, o susubukang malaman ang tungkol sa kalagayan ng mga kapatid, nagtatanong ng gayong mga tanong gaya ng kung ilan sa kanila ang mahina at negatibo, ano ang mga resultang nakukuha ng bawat isa sa kanila sa kanilang tungkulin, at sino sa kanila ang hindi angkop sa kanilang tungkulin, hindi magiging interesado ang mga anticristo. Subalit pagdating sa mga handog sa Diyos—ang halaga ng pera, sino ang nag-iingat nito, kung saan ito itinatago, ang mga passcode nito, at iba pa—ito ang pinakamahalaga sa kanila. May pambihirang kaalaman ang anticristo sa mga bagay na ito. Alam niya ang mga ito tulad ng likod ng kanyang kamay. Tanda rin ito ng isang anticristo. Pinakamahasag ang mga anticristo sa pagsasalita ng mga salitang kaaya-ayang pakinggan, subalit hindi sila gumagawa ng aktuwal na gawain. Sa halip, palagi silang abala sa pag-iisip ng tungkol sa pagtatamasa ng mga handog sa Diyos. Sabihin mo sa Akin, hindi ba’t imoral ang mga anticristo? Wala talaga silang pagkatao—mga diyablo sila sa bawat aspekto. Sa kanilang gawain, palagi nilang ipinagbabawal ang pakikialam, pagtatanong, at pangangasiwa ng iba. Ito ang ikatlong pag-uugali sa loob ng ikawalong pagpapamalas ng mga anticristo.

Ilang panahon na ang nakalipas, isang iglesia sa isang bansa ang bumili ng isang gusali, at kinailangang ipaayos ito, at nagkataon lang na ang lider ng iglesia sa bansang iyon ay isang anticristo na hindi pa nagpapakita ng kanyang tunay na kulay. Gumamit ang anticristo na iyon ng isang tao na hindi masyadong kilala ng sinuman para sa mga renobasyon, at walang nakaaalam kung anong uri ng relasyon mayroon ang taong iyon sa kanya. Bilang resulta, sinamantala ng masamang taong iyon ang sitwasyon, at maraming pera na hindi dapat nagastos ang nasayang sa mga pagpapaayos. May ilang kasangkapang maaaring gamitin na kasama na sa bahay, pero ang lahat ay

inalis at pinalitan ng mga bago. Ang mga inalis na lumang kasangkapan ay ibinenta ng masamang taong iyon para sa pera. Hindi naman talaga sira ang mga ito—magagamit pa rin ang mga ito—pero gumastos ang masamang taong iyon ng karagdagang halaga ng pera sa pagbili ng mga bago, para kumita ng pera, para samantalahin ang sitwasyon. Alam ba ng anticristo ang mga bagay na ito? Alam niya. Bakit, kung gayon, pinahintulutan niya itong kumilos sa ganoong paraan? Dahil marahil mayroon silang abnormal na relasyon. May ilang tao na nakakita sa problema at nagpaplanong kumustahin at suriin ang konstruksiyon, para makita kung paano ito umuusad. Sa sandaling sinabi nilang titingnan nila ang konstruksiyon, nag-alala at nabalisa ang anticristong iyon, at nagsabing: “Hindi! Hindi pa dumarating ang dedlayn—walang sinuman ang pinahihintulutang tumingin!” Napakalakas ng reaksiyon niya, napakasensitibo—may nangyayari ba sa loob nito? (Oo.) Tinalakay ng mga taong iyon, na ngayon ay medyo naalarma, ang usapin: “Hindi ito maaari. Hindi niya tayo pahihintulutang tingnan ang konstruksiyon. Tiyak na may isyu rito; kailangan nating tingnan ang lugar.” Subalit hindi pa rin hinayaan ng anticristo na makita ito hanggang sa nakatakdang matapos ang gawain. Sabihin mo sa Akin, hindi ba’t magulo ang isip ng mga taong iyon? Ang katunayang hindi pinahintulutan ng anticristo na makita ang konstruksiyon ay nagpapatunay na may nangyayari. Kailangan nilang magmadali para iulat ito sa ang Itaas, o sama-sama tanggalin ang anticristo sa tungkulin, o sapilitang tingnan at suriin ang konstruksiyon. Iyon ay kanilang responsabilidad. Kung hindi nila kayang akuin ang responsabilidad na iyon, nangangahulugan iyon na sila ay mga duwag na walang kuwenta at walang kakayahan. Ang mga walang kakayahang duwag na iyon ay hindi nagpursige. Hindi ito isang isyu sa sarili nilang mga bahay, kaya ipinagsawalang-bahala nila ito. Ganyan sila ka-makasarili at ka-iresponsable. At nang matapos ang gawain, nakita Ko sa isang video na may problema. Anong problema ang nakita Ko? May isang mesa sa gitna ng isang conference room, at sa paligid nito ay mga upuang gawa sa balat tulad ng mga ginagamit sa magagarang opisina. Ang mga upuang inuupuan Ko ay pawang mga regular na upuan, kaya dapat bang gumamit ang mga regular na taong iyon ng magagarang bagay? (Hindi.) Iyon ang uri ng mga kasangkapang inilagay ng dalawang iyon, at ang mga tao roon ay nasiyahang umupo sa mga upuang iyon. Sa sandaling natuklasan Ko ang problema, tinawag Ko ang tampalasang iyon at sinimulang imbestigahan ang isyu. Saanman, sa bawat silid, ibinunyag ng pagsisiyasat ang napakaraming isyu, at ang napakalaking kawalang pinansiyal. Magagamit pa ang ilan sa mga orihinal na kasangkapan sa bahay, subalit hinakot at ibinenta ang mga ito ng masamang taong iyon, para pagkakitaan ang mga ito; higit pa roon, kumita siya nang binili niya ang mga mamahalin at bagong kasangkapang iyon; at saka, naglagay siya ng ilang kagamitan na wala dapat sa isang iglesia. Ginawa ito ng masamang taong iyon nang hindi kumokonsulta sa sinuman. Nang ginawa niya ito, alam ba ng anticristo ang tungkol dito? Malamang alam niya. Araw-araw siyang nagtungo sa lugar ng paggawa, at nang makita ito, wala siyang ginawang ulat, kundi hinayaan ang pagwawaldas nito. Ang lakas ng loob! Mananampalataya ba siya ng Diyos? Pagkatapos ng 20 taon ng pananampalataya

sa Diyos, ganito siya kasuklam-suklam, at gumawa ng isang bagay na gaya niyon—anong uri siya ng tao? Hindi siya tao! Kahit ang mabubuting tao sa mga walang pananampalataya ay hindi gumagawa niyon; napaka-imoral! Sa tuwing nagtatanong ang ang Itaas sa kanya ng mga bagay tungkol sa gawaing konstruksiyon, nagmamaang-maangan siya para linlangin ang ang Itaas, pinagtatakpan at ikinukubli ang mga bagay-bagay, at sa huli ay napakaraming problema ang lumitaw. Kalabisan ba, kung gayon, na patalsikin siya at hayaan siyang maghanap ng trabaho para kumita ng pera para mabayaran ang mga pinsala? (Hindi.) Sabihin mo sa Akin, kahit na kayang maibalik ng anticristo na iyon ang pera, makatatagpo ba siya ng kapayapaan sa buhay na ito? Magiging madali ba para sa kanya? Nangangamba Akong kakailanganin niyang gugulin ang buong buhay niya sa pagdurusa. Kung alam niyang hahantong sa ganito ang kanyang mga kilos, anong naisip niya’t kumilos siya sa ganoong paraan noon? Bakit niya ginawa iyon sa simula pa lang? Hindi naman sa nanampalataya lang siya sa Diyos nang isa o dalawang taon at hindi niya alam ang mga tuntunin sa sambahayan ng Diyos, o kung paano ang magkaroon ng may-takot-sa-Diyos na puso, o kung ano ang katapatan—pagkatapos ng lahat ng taong iyon ng pananampalataya sa Diyos, hindi talaga siya nagbago, at kahit na nakapagserbisyo siya nang kaunti, ginawa pa rin niya ang gayong kasamaan! Dahil sa pagiging kasuklam-suklam, dapat na siyang itiwalag at isumpa!

May pagkakatulad ang mga anticristo sa paraan ng kanilang pagtatrabaho: Anumang gawain ang ginagawa nila, pinagbabawalan nila ang iba na makialam o magtanong. Palagi nilang gustong itago at pagtakpan ang mga bagay-bagay. Malamang na may binabalak sila; hindi nila pinahihintulutan ang mga tao na malaman ang tungkol sa mga problema sa kanilang gawain. Kung ginawa nila ang mga bagay nang matuwid at tapat, sa paraang naaayon sa katotohanan at sa mga prinsipyo, nang may malinis na konsensiya, ano ang dapat nilang ikabahala? Ano roon ang hindi maaaring banggitin? Bakit hindi nila pinahihintulutan ang iba na magtanong at makialam? Ano ang ikinababahala nila? Ano ang kinatatakutan nila? Maliwanag, may binabalak sila—halatang-halata ito! Gumagawa ng gawain ang mga anticristo nang walang anumang pagiging bukas. Kapag nakagawa sila ng isang masamang bagay, nag-iisip sila ng mga paraan para itago at pagtakpan ito, nag-iimbento ng mga huwad na anyo, nakikisali pa nga sa tahasang panlilinlang. Ano ang mga resulta nito? Sinisiyasat ng Diyos ang lahat, at kahit na maaaring hindi agad malaman ng ibang mga tao ang isang bagay, at maaaring mailihis nang sandali, darating ang araw na ibubunyag ito ng Diyos. Sa paningin ng Diyos, hayag ang lahat, nabubunyag ang lahat. Walang silbi para sa iyo na magtago ng isang bagay mula sa Diyos. Siya ay makapangyarihan sa lahat, at kapag nagdesisyon Siyang ibunyag ka, ang lahat ay malinaw na ilalantad. Ang mga anticristo lang, ang mga hangal na iyon na walang espirituwal na pang-unawa, at na nagtataglay ng kalikasan ng arkanghel, ang maniniwalang, “Hangga’t mahigpit kong itinatago ang mga bagay-bagay, at hindi ka hinahayaang makialam o magtanong, at hindi ka hinahayaang mangasiwa ng mga bagay-bagay, wala kang malalaman—at magiging ganap na kontrolado ko ang iglesiang

ito!” Naniniwala sila na kung mamumuno sila bilang mga hari, makokontrol nila ang sitwasyon. Ganoon ba talaga ang mga bagay-bagay? Hindi nila alam na makapangyarihan sa lahat ang Diyos; ang pagiging matalino nila ay galing sa sariling bibig nila. Sinisiyasat ng Diyos ang lahat. Halimbawa, sabihin nating gumawa ka ng kasamaan ngayon. Sinisiyasat ito ng Diyos, subalit hindi ka Niya ibinubunyag—binibigyan ka Niya ng pagkakataong magsisi. Gagawa ka muli ng kasamaan bukas, at gayumpaman, hindi mo ito ipinaliliwanag o hindi ka nagsisisi; binibigyan ka pa rin ng Diyos ng pagkakataon, at hinihintay kang magsisi. Subalit kung mananatili kang hindi nagsisisi, hindi gugustuhin ng Diyos na bigyan ka ng pagkakataong iyon. Masusuklam Siya sa iyo at kamumuhian ka, at sa kaibuturan ng Kanyang puso, hindi Niya gugustuhing iligtas ka, at aabandonahin ka Niya nang lubusan. Sa kasong iyon, ilang minuto lang bago ka Niya ibunyag, at gaano mo man subukang pagtakpan o hadlangan ang mga bagay-bagay, wala talagang magiging silbi ito. Gaano man kalaki ang iyong kamay, mahaharangan mo ba ang langit gamit ito? Gaano ka man kahusay, matatakpan mo ba ang mga mata ng Diyos? (Hindi.) Mga kahangalang ideya ang mga iyon ng tao. Tungkol sa kung gaano talaga kamakapangyarihan sa lahat ang Diyos, medyo nararamdaman na ito ng mga tao sa Kanyang mga salita. Bukod pa rito, ang lahat ng miyembro ng tiwaling sangkatauhan na ito na gumawa ng malaking kasamaan at direktang sumalungat sa Diyos ay nakatagpo ng iba’t ibang kaparusahan, at lahat ng nakakita nito ay lubos na nakumbinsi, at kinikilala na ito ay retribusyon. Nakikita kahit ng mga walang pananampalataya na ang pagiging matuwid ng Diyos ay hindi nalalabag, kaya dapat na mas nakikita ito ng mga nananampalataya sa Kanya. Hindi masukat ang karunungan at pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos. Walang paraan ang tao para malinaw na makita ang mga ito. May ganoong kanta—paano nga ba ito? (“Hindi Kayang Sukatin ang mga Gawa ng Diyos.”) Ito ang diwa ng Diyos, ang tunay na pagbubunyag ng Kanyang pagkakakilanlan at diwa. Hindi na kinakailangan ang iyong mga hinuha o espekulasyon. Kailangan mo lang paniwalaan ang mga salitang iyon—kung gayon ay hindi mo gagawin ang gayong mga kahangalang bagay. Iniisip ng lahat ng tao na matalino sila; tinatakpan nila ng dahon ang kanilang mga mata at sinasabing, “Nakikita Mo ba ako?” Sinasabi ng Diyos na, “Hindi lang kita nakikita nang buo, nakikita Ko maging ang iyong puso, at kung ilang beses ka nang nakapunta sa mundo ng mga tao,” at naiwang gulat ang mga tao. Huwag isiping matalino ka; huwag isiping, “Hindi alam ng Diyos ang tungkol dito, at hindi Niya alam ang tungkol diyan. Wala sa mga kapatid ang nakakita. Walang nakaaalam. May sarili akong maliit na pakana. Tingnan mo kung gaano ako katalino!” Walang tao sa mundong ito na hindi nakauunawa sa katotohanan o hindi naniniwalang ang Diyos ang kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ang matalino. Anuman ang sabihin o gawin nila, sa huli, ang lahat ng ito ay pagkakamali, lahat ay paglabag sa katotohanan, lahat ay paglaban sa Diyos. May isang uri lang ng tao na matalino. Aling uri iyon? Ang uri na naniniwalang sinisiyasat ng Diyos ang lahat, na nakikita Niya ang lahat, at na Siya ang kataas-taasang kapangyarihan sa lahat. Napakatalino ng ganoong mga tao, dahil sa lahat ng kanilang ginagawa ay

mapagpasakop sila sa Diyos; ang lahat ng kanilang ginagawa ay naaayon sa katotohanan, sinasang-ayunan ng Diyos, at pinagpapala ng Diyos. Kung matalino man ang isang tao o hindi ay nakabatay sa kung makapagpapasakop sila sa Diyos; nakasalalay ito sa kung ang sinasabi at ginagawa nila ay naaayon sa katotohanan. Kung mayroon ka ng ideyang ito: “Narito ang iniisip ko tungkol sa bagay na ito, at iyon ang gusto kong gawin, dahil makikinabang ako rito—subalit ayokong ipagtapat ito sa iba, at hindi ko gustong malaman nila ang tungkol dito”—iyon ba ang tamang paraan ng pag-iisip? (Hindi.) Ano ang dapat mong gawin kapag napagtanto mo na hindi iyon ang tamang paraan ng pag-iisip? Dapat bigyan mo ang sarili mo ng isang magandang sampal sa mukha, para turuan ng leksiyon ang iyong sarili. Iniisip mo na kung hindi mo ito sasabihin, hindi ito malalaman ng Diyos? Ang katunayan ay habang iniisip mo iyon, alam ng Diyos ang iyong puso. Paano Niya nalalaman? Nauunawaan na ng Diyos ang kalikasang diwa ng tao. Kaya, bakit hindi ka Niya inilalantad sa bagay na ito? Kahit na hindi Niya ito ilantad, unti-unti mo itong mauunawaan sa iyong sarili, dahil kumain at uminom ka na ng napakaraming salita Niya. Mayroon kang konsensiya at katwiran, isipan, at normal na pag-iisip; dapat magawa mong malaman kung ano ang tama at mali sa iyong sarili. Binibigyan ka ng Diyos ng oras at pagkakataong dahan-dahang pag-isipan ang mga bagay-bagay, para makita kung ikaw ay hangal o hindi. Makikita mo ang mga resulta pagkatapos pag-isipan ang bagay na ito sa loob ng ilang araw: Malalaman mo na ikaw ay hangal at mangmang, at na hindi mo dapat subukang itago ang bagay na iyon mula sa Diyos. Sa lahat ng bagay, dapat mong ilantad ang lahat sa Diyos at dapat kang maging bukas—ito ang tanging kondisyon at kalagayan na dapat panatilihin sa harap ng Diyos. Kahit kapag hindi ka nagtatapat, lantad ka sa harap ng Diyos. Mula sa perspektiba ng Diyos, alam Niya ang mga katunayan, ipinagtatapat mo man ang tungkol dito o hindi. Hindi ba’t napakahangal mo kung hindi mo iyon makilatis? Kaya paano ka magiging isang matalinong tao? Sa pamamagitan ng pagbubukas ng iyong sarili sa Diyos. Alam mong sinisiyasat at alam ng Diyos ang lahat ng bagay, kaya huwag mong isiping matalino ka, at isiping maaaring hindi Niya alam; dahil tiyak na lihim na pinagmamasdan ng Diyos ang puso ng mga tao, ang matatalinong tao ay dapat na maging medyo mas bukas, medyo mas dalisay, at maging matapat—iyan ang matalinong bagay na gawin. Palaging iniisip na ikaw ay matalino; palaging nagnanais na itago ang maliliit mong lihim; palaging sinusubukang panatilihin ang kaunting kapribaduhan—iyan ba ang tamang paraan ng pag-iisip? Ayos lang na maging ganoon sa ibang tao, dahil ang ilang tao ay mga hindi positibong karakter at hindi nagmamahal sa katotohanan. Maaari kang magpigil nang kaunti sa mga taong tulad niyon. Huwag mong ilantad ang puso mo sa kanila. Sabihin, halimbawa, na may kinamumuhian kang isang tao, at nagsalita ka ng masama sa likod niya. Dapat mo bang sabihin sa kanya ang tungkol dito? Huwag—tama na ang hindi na lang gawing muli ang gayong bagay. Kung sasabihin mo ito, makasisira ito sa relasyon ninyong dalawa. Alam mo sa iyong puso na hindi ka mabuti, na ikaw ay madungis at buktot sa loob, na ikaw ay naiinggit sa iba, na para sa kapakanan ng

pakikipagtunggali para sa kasikatan at pakinabang, nagsalita ka ng masama tungkol sa ibang tao sa likod niya para siraan siya—anong ubod ng sama! Kinikilala mong tiwali ka; alam mong mali ang iyong ginawa, at na buktot ang iyong kalikasan. Pagkatapos ay humaharap ka sa Diyos at nagdarasal sa Kanya: “O Diyos, ang ginawa ko nang lihim ay buktot at ubod ng samang bagay—humihingi ako sa Iyo ng kapatawaran, nakikiusap ako sa Iyo na gabayan ako, at nagmamakaawa ako na sawayin Mo ako. Sisikapin kong hindi na muling gawin ang gayong bagay.” Mabuti ang gawin iyon. Maaari kang gumamit ng ilang teknik sa iyong mga pakikipag-ugnayan sa mga tao, subalit pinakamahusay na ganap mong buksan ang iyong sarili sa Diyos, at kung nagkikimkim ka ng mga intensiyon at gumagamit ng mga teknik, magkakaproblema ka. Sa iyong isipan, palagi mong iniisip na, “Ano ang masasabi ko upang tumaas ang tingin ng Diyos sa akin, at hindi malaman ang iniisip ko sa aking kalooban? Ano ba ang tamang sabihin? Dapat mas maging pribado ako, dapat maging mas maingat ako sa aking mga salita, dapat magkaroon ako ng isang kaparaanan; sa oras na iyon, marahil ay tataas na ang tingin ng Diyos sa akin.” Iniisip mo ba na hindi malalaman ng Diyos kung palagi kang nag-iisip ng ganyan? Alam ng Diyos ang anumang iniisip mo. Nakapapagod mag-isip nang ganyan. Higit na mas madali ang magsalita nang matapat at tunay, at ginagawa nitong mas magaan ang iyong buhay. Sasabihin ng Diyos na ikaw ay matapat at dalisay, na bukas ang iyong puso—at walang katumbas na halaga iyan. Kung mayroon kang hayag na puso at isang matapat na saloobin, kahit pa may mga pagkakataong sumusobra ka na, at kikiilos nang may pagkahangal, sa Diyos, hindi ito isang pagsalangsang; mas mabuti ito kaysa sa pagiging sobra mong mapagpakana, at mas mabuti kaysa sa palagian mong pagbubulay-bulay at pagpoproseso. Kaya bang gawin ng mga anticristo ang mga bagay na ito? (Hindi, hindi nila kaya.)

Ang lahat ng tumatahak sa landas ng mga anticristo ay mga taong may disposisyon ng isang anticristo, at ang tinatahak ng mga taong may disposisyon ng anticristo ay ang landas ng mga anticristo—gayumpaman may kaunting pagkakaiba sa pagitan ng mga taong may disposisyon ng anticristo at mga anticristo. Kung ang isang tao ay may disposisyon ng anticristo at tatahakin ang landas ng mga anticristo, hindi ito nangangahulugang siya ay tiyak na isang anticristo. Subalit kung hindi siya magsisisi at hindi niya kayang tumanggap ng katotohanan, maaari siyang unti-unting maging isang anticristo. May pag-asa at pagkakataon pa rin para sa mga tao na tumatahak sa landas ng mga anticristo na magsisi, dahil hindi pa sila nagiging mga anticristo. Kung gumagawa sila ng maraming uri ng masamang bagay at inilalarawan sila bilang mga anticristo, at sa gayon ay pinaalis at pinataksik kaagad, hindi na sila magkakaroon pa ng pagkakataong magsisi. Kung ang isang taong tumatahak sa landas ng mga anticristo ay hindi pa nakagagawa ng maraming masamang bagay, kahit papaano ay ipinakikita nito na hindi pa siya masamang tao. Kung kaya niyang tanggapin ang katotohanan, may kaunting pag-asa para sa kanya. Kung hindi niya tatanggapin ang katotohanan, anuman ang mangyari, magiging mahirap para sa kanyang maligtas, kahit na hindi pa siya nakagagawa

ng lahat ng uri ng kasamaan. Bakit hindi maaaring maligtas ang isang anticristo? Dahil hindi niya tinatanggap ang katotohanan kahit kaunti. Gaano pa man nagbabahagi ang sambahayan ng Diyos tungkol sa pagiging isang matapat na tao—tungkol sa kung paano dapat maging bukas at prangka ang isang tao, direktang sabihin ang dapat niyang sabihin, at huwag manlinlang—talagang hindi niya ito kayang tanggapin. Pakiramdam niya palagi na nalulugi ang mga tao sa pagiging matapat at na kahangalan ang magsabi ng totoo. Determinado siya na hindi maging isang matapat na tao. Ito ang kalikasan ng mga anticristo, na tutol sa katotohanan at namumuhi rito. Paano maliligtas ang isang tao kung hindi niya tinatanggap kahit kaunti ang katotohanan? Kung kayang tanggapin ng isang taong tumatahak sa landas ng mga anticristo ang katotohanan, may malinaw na pagkakaiba sa pagitan niya at ng isang anticristo. Ang lahat ng anticristo ay mga taong hindi tumatanggap ng kahit katiting na katotohanan. Gaano man karaming mali o masasamang bagay ang nagawa nila, gaano man kalaki ang mga kawalang naidulot nila sa gawain ng iglesia at sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, hindi nila kailanman pagninilayan at kikilalanin ang sarili nila. Kahit na pinungusan sila, hindi talaga nila tinatanggap ang anumang katotohanan; kaya nga inilalarawan sila ng iglesia bilang masasamang tao, bilang mga anticristo. Ang isang anticristo, sa sukdulan, ay aamin lang na ang kanyang mga kilos ay lumalabag sa mga prinsipyo at hindi naaayon sa katotohanan, subalit talagang hindi niya kailanman aaminin na sinasadya niyang gumawa ng kasamaan, o sinasadyang labanan ang Diyos. Aaminin lang niya ang mga pagkakamali, subalit hindi niya tatanggapin ang katotohanan; at pagkatapos, magpapatuloy siya sa paggawa ng kasamaan tulad ng dati, nang hindi nagsasagawa ng anumang katotohanan. Mula sa katunayang hindi kailanman tinatanggap ng isang anticristo ang katotohanan, makikita na ang kalikasang diwa ng mga anticristo ay ang pagiging tutol sa katotohanan at pagkamuhi rito. Nananatili silang mga taong lumalaban sa Diyos tulad ng dati, kahit ilang taon na silang nananampalataya sa Kanya. Ang ordinaryong, tiwaling sangkatauhan, sa kabilang banda, ay maaaring lahat ay may disposisyon ng isang anticristo, subalit may pagkakaiba sa pagitan nila at ng mga anticristo. May ilang tao na magagawang ikintal sa puso ang mga salita ng paghatol at paglalantad ng Diyos pagkatapos nilang marinig ang mga ito, at pagbulayan ang mga ito nang paulit-ulit, at pagninilayan ang kanilang sarili. Pagkatapos ay maaari nilang mapagtanto na, “Ito pala ang disposisyon ng anticristo, kung gayon; ganito ang tumahak sa landas ng mga anticristo. Napakaseryosong isyu nito! Mayroon ako ng mga kalagayan at pag-uugaling iyon; mayroon akong ganoong uri ng diwa—ako ang ganoong uri ng tao!” Pagkatapos ay isinasaalang-alang nila kung paano nila maaaring iwaksi ang disposisyong iyon ng anticristo at tunay na magsisi, at sa gayon, maaaring magkaroon sila ng determinasyong huwag tahakin ang landas ng mga anticristo. Sa kanilang gawain at buhay, sa kanilang saloobin sa mga tao, mga pangyayari, at mga bagay at sa atas ng Diyos, mapagninilayan nila ang sarili nilang mga kilos at pag-uugali, kung bakit hindi sila makapagpasakop sa Diyos, kung bakit sila ay palaging namumuhay sa isang satanikong disposisyon, kung bakit

hindi sila makapaghimagsik laban sa laman at kay Satanas. At kaya, magdarasal sila sa Diyos, at tatanggapin ang Kanyang paghatol at pagkastigo, at magsusumamo sa Diyos na iligtas sila mula sa kanilang tiwaling disposisyon at mula sa impluwensiya ni Satanas. Ang pagkakaroon nila ng determinasyong gawin ito ay nagpapatunay na kaya nilang tanggapin ang katotohanan. Nagbubunyag din sila ng isang tiwaling disposisyon, at kumikilos ayon sa kanilang sariling kalooban; ang kaibahan ay na ang isang anticristo ay hindi lang may mga ambisyon at pagnanais na magtatag ng isang nagsasariling kaharian—hindi rin nila tatanggapin ang katotohanan, anuman ang mangyari. Ito ang matinding kahinaan ng anticristo. Kung, sa kabilang banda, ang isang tao na may disposisyon ng anticristo ay kayang tumanggap ng katotohanan, at magdasal sa Diyos at sumandig sa Kanya, at kung nais niyang iwaksi ang tiwaling disposisyon ni Satanas, at na tahakin ang landas ng paghahangad sa katotohanan, sa mga anong paraan magiging kapaki-pakinabang ang panalanging iyon at ang determinasyong iyon sa kanyang buhay pagpasok? Kahit papaano ay magiging dahilan ito para pagnilayan niya ang kanyang sarili at kilalanin ang kanyang sarili habang ginagawa niya ang kanyang tungkulin, at gamitin ang katotohanan sa paglutas ng mga problema, sa gayon ay magagawa niya ang kanyang tungkulin sa paraang pasok sa pamantayan. Iyon ay isang paraan na magiging kapaki-pakinabang ito sa kanya. Higit pa ryan, sa pagsasanay na naibibigay sa kanya ng paggawa ng kanyang tungkulin, magagawa niyang tahakin ang landas ng paghahangad sa katotohanan. Anumang paghihirap ang makatatagpo niya, magagawa niyang hanapin ang katotohanan, para pagtuunan ang pagtanggap sa katotohanan at pagsasagawa nito; magagawa niyang unti-unting iwaksi ang kanyang satanikong disposisyon, at magawang magpasakop sa Diyos at sumamba sa Kanya. Makakamit niya ang pagliligtas ng Diyos sa pagsasagawa ng gaya niyon. Ang mga taong may disposisyon ng anticristo ay maaaring magbunyag ng katiwalian paminsan-minsan, at maaari pa rin silang magsalita at kumilos para sa interes ng kanilang kasikatan, pakinabang, at katayuan, nang hindi nila sinasadya, at maaari pa rin silang kumilos ayon sa sarili nilang kalooban—subalit sa sandaling mapagtanto nila na ibinubunyag nila ang kanilang tiwaling disposisyon, makararamdam sila ng pagsisisi, at magdarasal sa Diyos. Pinatutunayan nito na sila ay isang taong kayang tumanggap ng katotohanan, na nagpapasakop sa gawain ng Diyos; pinatutunayan nito na hinahangad nila ang buhay pagpasok. Gaano man karaming taon ang naranasan ng isang tao, o gaano man kalaki ang katiwalian na kanyang ibinubunyag, sa huli ay magagawa niyang matanggap ang katotohanan, at makapasok sa katotohanang realidad. Siya ay isang taong nagpapasakop sa gawain ng Diyos. At habang ginagawa niya ang lahat ng ito, ipinapakita nito na inilatag na niya ang pundasyon niya sa tunay na daan. Subalit ang ilan na tumatahak sa landas ng mga anticristo ay hindi kayang tumanggap ng katotohanan. Para sa kanila, magiging mahirap na makamit ang kaligtasan gaya ng sa mga anticristo. Walang nararamdaman ang gayong mga tao kapag naririnig nila ang mga salita ng Diyos na naglalantad sa mga anticristo, kundi walang pakialam at hindi natitinag. Kapag

napupunta ang pagbabahaginan sa paksa ng disposisyon ng anticristo, aaminin nila na mayroon silang disposisyon ng anticristo at na tinatahak nila ang landas ng mga anticristo. Medyo maayos silang magsasalita tungkol dito. Subalit pagdating ng oras para sa pagsasagawa ng katotohanan, tatanggi pa rin silang gawin ito; kikilos pa rin sila sa sarili nilang kalooban, sa pagsandig sa kanilang disposisyon ng anticristo. Kung tatanungin mo sila, “Nahihirapan ba ang iyong puso kapag nagbubunyag ka ng disposisyon ng isang anticristo? Nakararamdam ka ba ng pagpuna sa sarili kapag nagsasalita ka para pangalagaan ang iyong katayuan? Pinagninilayan at kinikilala mo ba ang iyong sarili kapag ibinubunyag mo ang disposisyon ng anticristo? Nakararamdam ka ba ng pagsisisi sa iyong puso kapag nalalaman mo ang tungkol sa iyong tiwaling disposisyon? Nagsisisi o nagbabago ka man lang ba pagkatapos?” siguradong wala silang maisasagot, dahil wala pa silang mga gayong karanasan. Wala silang masasabi. Ang mga ganitong tao ba ay may kakayahan sa tunay na pagsisisi? Sigurado, hindi ito magiging madali. Ang mga tunay na naghahangad sa katotohanan ay masasaktan sa anumang pagbubunyag ng disposisyon ng anticristo sa kanilang sarili, at mababahala; maiisip nilang: “Bakit hindi ko na lang maiwaksi ang satanikong disposisyong ito? Bakit palagi akong nagbubunyag ng isang tiwaling disposisyon? Bakit ang tiwaling disposisyon kong ito ay napakatigas at napakahirap alisin? Bakit napakahirap pumasok sa katotohanang realidad?” Ipinapakita nito na mababaw ang kanilang karanasan sa buhay, at na hindi pa nila talaga masyadong nalulutas ang kanilang tiwaling disposisyon. Iyon ang dahilan kung bakit ang labanan sa kanilang puso ay nagngangalit nang husto kapag may nangyayari sa kanila, at kung bakit pinapasan din nila ang bigat ng paghihirap na iyon. Bagaman may determinasyon silang iwaksi ang kanilang satanikong disposisyon, siguradong hindi nila maiiwasan ang labanang iyon laban dito sa kanilang puso—at ang kalagayan ng pakikibakang iyon ay tumitindi araw-araw. At habang lumalalim ang kaalaman nila sa kanilang sarili, at nakikita nila kung gaano sila katiwali, mas lalong nananabik silang makamit ang katotohanan at mas lalo itong pinahahalagahan, at magagawa nilang tanggapin at isagawa ang katotohanan nang walang patid habang kinikilala ang kanilang sarili at ang kanilang tiwaling disposisyon. Unti-unting lalago ang kanilang tayog, at ang kanilang buhay disposisyon ay magsisimulang tunay na magbago. Kung patuloy nilang susubukang maranasan ito sa ganitong paraan, bubuti nang bubuti ang kanilang sitwasyon, taon-taon, at sa huli, magagawa nilang mapagtagumpayan ang laman at maiwaksi ang kanilang katiwalian, para maisagawa ang katotohanan nang madalas, at makamit ang pagpapasakop sa Diyos. Hindi madali ang buhay pagpasok! Tulad lang ito ng pagsagip sa isang taong malapit nang mamatay: Ang responsabilidad na maaaring tuparin ng isang tao ay ang pakikipagbahaginan ng katotohanan, pagsuporta sa kanya, pagtustos para sa kanya, o pagpupungos sa kanya. Kung matatanggap at makapagpapasakop siya rito, may pag-asa para sa kanya; maaaring palarin siyang makatakas, at hindi na mauwi sa kamatayan ang mga bagay-bagay. Subalit kung tatanggi siyang tanggapin ang katotohanan, at wala siyang kaalam-alam tungkol sa sarili niya, nasa panganib siya. May ilang anticristo na lumilipas ang isa

o dalawang taon pagkatapos maitiwalag nang hindi nakikilala ang kanilang sarili, at hindi kinikilala ang kanilang mga pagkakamali. Sa gayong kaso, wala nang natitirang tanda ng buhay sa kanila, at patunay iyon na wala na silang pag-asang maligtas. Matatanggap ba ninyo ang katotohanan kapag kayo ay pinupungusan? (Oo.) May pag-asa, kung gayon—mabuting bagay iyan! Kung matatanggap mo ang katotohanan, may pag-asa kang maligtas.

Kung nais mong maligtas, kailangan mong malampasan ang maraming hadlang. Ano ang mga hadlang na iyon? Walang tigil na pakikipaglaban sa iyong tiwaling disposisyon, at pakikipaglaban sa disposisyon ni Satanas at mga anticristo: Nais nitong kontrolin ka, at nais mong kumawala rito; nais nitong ilihis ka at nais mo itong itakwil. Kung makikita mong hindi mo kayang makawala mula sa iyong tiwaling disposisyon kahit pagkatapos mo itong malaman, mababahala ka at masasaktan, at magdarasal ka. Minsan, kapag nakikita mo na ilang panahon na ang lumipas, at hindi ka pa rin nakakawala sa pagkontrol ng disposisyon ni Satanas, mararamdaman mong wala na itong pag-asa, subalit hindi ka susuko, at mararamdaman mong hindi ka maaaring magpatuloy na sobrang negatibo at nasisiraan ng loob—na kailangan mong patuloy na lumaban. Sa proseso ng pagganap ng isang tungkulin at sa proseso ng pagdanas sa gawain ng Diyos, may iba't ibang panloob na tugon ang mga tao, ayon sa mga antas. Sa madaling sabi, ang mga may buhay ay ang mga naghahangad sa katotohanan, at patuloy silang nagbabago sa loob. Magkakaroon ng palagiang pagbabago sa kanilang pag-iisip at mga pananaw, sa kanilang pag-uugali at pagsasagawa, at maging sa mga layunin, ideya, at kaisipan sa kaibuturan ng kanilang isipan. Higit pa rito, mas malinaw nilang mapag-iiba kung ano ang tama at kung ano ang mali, at kung anong mga maling bagay ang nagawa nila, at kung ang ilang paraan ng pag-iisip ay tama o mali, at kung ang ilang pananaw ay naaayon sa katotohanan, at kung ang mga prinsipyo sa likod ng ilang paraan ng pagkilos ay naaayon sa mga layunin ng Diyos, at kung sila ay isang taong nagpapasakop sa Diyos, isang taong nagmamahal sa katotohanan. Ang mga bagay na ito ay unti-unting magiging lalong malinaw sa kanilang puso. Sa anong pundasyon, kung gayon, itinayo ang pagkamit ng mga resultang ito? Ang pundasyon ng pagsasagawa at pagpasok sa mga katotohanan habang inuunawa nila ang mga ito. Bakit ba hindi talaga kaya ng mga anticristo na magkamit ng pagbabago? Hindi ba nila kayang unawain ang katotohanan? (Hindi.) Kaya nila itong unawain, subalit hindi nila ito isinasagawa, at hindi nila ito isinasagawa kapag naririnig nila ito. Maaaring nauunawaan at tinatanggap nila ito bilang doktrina, subalit kaya ba nilang isagawa kahit iyong kakaunting doktrina at regulasyon na nauunawaan nila? Hindi, hindi kahit kaunti; kahit puwersahin mo sila, kahit magpakapagod sila sa pagsisikap, hindi pa rin nila maisasagawa ang mga ito. Kaya naman sa kanila, ang pagpasok sa katotohanan ay nananatiling walang hanggang kawalan. Gaano man karami ang maaaring sabihin ng isang anticristo tungkol sa pagiging isang matapat na tao, gaano man kalaki ang kanilang mga pagsisikap, hindi pa rin sila makagawa ng isang matapat na pahayag; at gaano man sila nagsasalita tungkol sa pagsasaalang-alang sa mga

layunin ng Diyos, hindi pa rin nila bibitiwan ang kanilang mga makasarili at ubod ng samang motibasyon. Kumikilos sila mula sa makasariling pananaw. Kapag may nakikita silang mabuting bagay, isang bagay na magiging kapaki-pakinabang sa kanila, sasabihin nila, “Akin na—akin iyan!” Sinasabi nila ang anumang magiging kapaki-pakinabang sa kanilang katayuan, at ginagawa nila ang anumang magiging kapaki-pakinabang sa kanilang sarili. Ito ang diwa ng mga anticristo. Maaaring, sa isang saglit ng matinding damdamin, maramdaman nilang naunawaan na nila ang kaunting katotohanan. Nagkakaroon sila ng sigasig, at sumisigaw sila ng ilang islogan: “Kailangan kong magsagawa at magbago, at palugurin ang diyos!” Subalit pagdating ng panahon para isagawa ang katotohanan, ginagawa ba nila ito? Hindi nila ginagawa. Anuman ang sabihin ng Diyos, gaano man karaming katotohanan at katunayan ang ipinangangaral Niya, kasama ng anumang bilang ng mga tunay na halimbawa, hindi nito maaantig ang isang anticristo, at hindi rin nito mababago ang kanyang ambisyon. Ito ay isang katangian at isang tanda ng isang anticristo. Talagang hindi lang siya magsasagawa ng anumang katotohanan; kapag maganda sa pandinig ang pagsasalita niya, ito ay para marinig ito ng iba, at gaano man kaganda siya magsalita, isang anyo lang ito ng magarbo at hungkag na pananalita—teorya ito sa kanya. Paano ba talaga pinoposisyon ng gayong mga tao ang katotohanan sa kanilang puso? Ano ang sinabi Ko na sa iyo na kalikasang diwa ng isang anticristo? (Pagkamuhi sa katotohanan.) Tama iyan. Kinamumuhian niya ang katotohanan. Naniniwala siya na ang kanyang kabuktutan, ang kanyang pagkamakasarili at pagiging ubod ng sama, ang kanyang pagmamataas, ang kanyang kalupitan, ang kanyang pang-aagaw ng katayuan at kayamanan, at ang kanyang pagkontrol sa iba ay ang pinakamataas na katotohanan, ang pinakamataas na pilosopiya, at walang ibang kasingtaas gaya ng mga bagay na iyon. Kapag nakakuha siya ng katayuan at kaya niyang kontrolin ang mga tao, magagawa niya ang anumang naisin niya, at ang lahat ng kanyang ambisyon at pagnanais ay maaari nang makamit. Ito ang pinakalayon ng isang anticristo.

Ang mga anticristo ay tutol sa katotohanan at namumuhi rito. Posible ba para sa iyo na gawin ang isang taong tutol sa katotohanan na tanggapin ito at isagawa ito? (Hindi.) Ang paggawa niyon ay katumbas ng pagpapalipad sa isang baboy o ng pagpapakain ng dayami sa isang lobo—hindi ba’t paghingi iyon ng imposible sa mga ito? Minsan ay makikita mo ang isang lobo na pumapasok sa isang kawan para makasama roon ang mga tupa. Gumagamit ito ng panlilinlang, naghihintay ng pagkakataon nitong kainin ang mga tupa. Hindi kailanman magbabago ang kalikasan nito. Gayundin, ang pagpapasagawa ng katotohanan sa isang anticristo ay katumbas ng pagpilit sa isang lobo na kumain ng dayami at tumalikod sa instinto nitong kumain ng tupa: Imposible ito. Karniboro ang mga lobo. Kumakain ang mga ito ng tupa—kumakain ang mga ito ng lahat ng uri ng hayop. Iyon ang kalikasan ng mga ito, at hindi ito mababago. Kung sinasabi ng isang tao na, “Hindi ko alam kung ako ay isang anticristo, subalit sa tuwing naririnig kong ibinabahagi ang katotohanan, nag-aalab sa galit ang aking puso, at namumuhi ako rito—at kung sinuman ang pupungos sa akin, mas lalo ko siyang kamumuhian,” anticristo ba

ang taong iyon? (Oo.) Sinasabi ng isang tao na, “Kapag nangyayari sa iyo ang mga bagay-bagay, kailangan mong magpasakop at hanapin ang katotohanan,” at sinasabi ng unang taong iyon, “Magpasakop, mukha mo! Tumigil ka sa pagsasalita!” Anong uri ng bagay iyon? Pagiging mainitin ng ulo ba ito? (Hindi.) Anong disposisyon ito? (Pagkamuhi sa katotohanan.) Ni hindi niya matitiis ang usapan tungkol dito, at sa sandaling makipagbahaginan ka ng katotohanan, sumasambulat ang kanyang kalikasan, at ipinakikita niya ang kanyang tunay na anyo. Ayaw niyang makarinig ng anumang pagbanggit tungkol sa paghahanap sa katotohanan o pagpapasakop sa Diyos. Gaano katindi ang pag-ayaw niya? Kapag narinig niya ang gayong usapan, bigla siyang sumasabog sa galit. Nawawala ang kanyang pagkamagalang; hindi siya natatakot na ipakita ang tunay niyang pagkatao. Ganoon kalayo ang naaabot ng kanyang pagkamuhi. Maisasagawa ba niya ang katotohanan, kung gayon? (Hindi.) Ang katotohanan ay hindi para sa masasamang tao; para ito sa mga taong nagtataglay ng konsensiya at katwiran, sa mga nagmamahal sa katotohanan at mga positibong bagay. Hinihingi nito sa mga taong iyon na tanggapin nila ito at isagawa ito. At para sa buktot na taong iyon na may diwa ng isang anticristo, na labis na mapanlaban sa katotohanan at sa mga positibong bagay, hindi nila kailanman tatanggapin ang katotohanan. Gaano karaming taon man silang nananampalataya sa Diyos, gaano karaming sermon man ang kanilang naririnig, hindi nila tatanggapin o isasagawa ang katotohanan. Huwag ipagpalagay na hindi nila isinasagawa ang katotohanan dahil hindi nila ito nauunawaan, at na makauunawa sila kapag mas marami nito ang narinig nila. Imposible ito, dahil ang lahat ng tutol sa katotohanan at namumuhi rito ay mga kauri ni Satanas. Hindi sila kailanman magbabago, at walang ibang makakapagbabago sa kanila. Tulad lang ito ng arkangel, pagkatapos ipagkanulo ang Diyos: Narinig na ba ninyo na sinabi ng Diyos na ililigtas Niya ang arkangel? Hindi iyon kailanman sinabi ng Diyos. Kaya, ano ang ginawa ng Diyos kay Satanas? Ibinagsak Niya ito sa himpapawid at pinagserbisyo ito sa Kanya sa lupa, ginagawa ang dapat nitong gawin. At kapag natapos na ito sa pagseserbisyo, at nakompleto na ang plano ng pamamahala ng Diyos, wawasakin Niya ito, at iyon na iyon. May sinabi bang isang karagdagang bagay ang Diyos dito? (Wala.) Bakit wala? Dahil ito ay, sa madaling salita, walang silbi. Ang magsabi ng isang bagay rito ay kalabisan. Nakilatis na ito ng Diyos: Hindi kailanman mababago ang kalikasang diwa ng isang anticristo. Ganyan na iyan.

Kapag nakatagpo kayo ng isang anticristo, paano ninyo siya dapat tratuhin? May ilang lider na inilarawan bilang mga huwad na lider o anticristo at tinanggal. Sa isa sa kanila, iniulat ng mga kapatid pagkaraan ng ilang panahon na mayroon siyang kaunting kapabilidad sa gawain, na sa panahong iyon ay nagsisi siya at gumaganap nang maayos. Medyo hindi malinaw sa partikular kung gumaganap ba siya nang maayos sa pag-uugali, o kung nagsasalita siya sa paraang kaaya-aya sa pandinig, o kung naging mas disiplinado siya sa kanyang papel. Dahil sinabi ng mga kapatid na gumaganap siya nang maayos, at dahil sa kakulangan ng mga tao para sa ilang gawain, isinaayos na dapat siyang gumawa ng ilang gawain. At bilang resulta, walang dalawang buwan

ang nakalipas, nag-ulat ang mga kapatid: “Tanggalin siya kaagad—labis niya kaming pinahihirapan. Kung hindi siya tatanggalin, hindi namin magagawa ang aming mga tungkulin.” Hindi sila papayag na gamitin siya, anuman ang mangyari; kung sinuman ang ihahalal nila bilang lider, hindi siya iyon. Siya pa rin ang dating tao na may masamang budhi—magaling siyang magsalita subalit, sa katunayan, hindi siya nagbago kahit kaunti. Ano ang nangyayari? Lubos nang nailantad ang kanyang kalikasan. Paano, sa iyong palagay, dapat pangasiwaan ang usaping ito? Na nagkaroon ng gayong katinding reaksiyon ang mga kapatid ay nagpapatunay na, tunay ngang, may kaunti silang pagkilatis. May ilang tao ang nailihis niya, at pagkatapos siyang pangasiwaan ng Itaas, may ilang nagtanggol sa kanya, at kalaunan ay sinabi ng ilan na nagsisi siya. Kaya, iniangat muli siya, at pagkatapos ng ilang panahon, nabunyag siya nang ganap. Nakilatis na siya ngayon ng mga kapatid, at magsasama-sama sila para patalsikin siya. Nakita ng Itaas na mapagkilatis na ang mga taong ito ngayon. Hindi sila nadiligan para sa wala. Kaya, dahil hindi sila lahat pumayag na gamitin siya, tinanggal siya ng Itaas. Saan nagmula ang kanilang pagkilatis? (Isang pagkaunawa sa katotohanan.) Oo—naunawaan na nila ang katotohanan. Nagmumula ang pagkilatis sa pagkaunawa sa katotohanan. Hindi ba’t ang katotohanan at ang Diyos pa rin ang naghahari doon? (Ganoon nga.) Napapanahon ang kanilang pagkilatis: Pagkatapos siyang tanggalin, hindi na nagdusa ang mga kapatid sa kanyang pagkontrol. Labis na nagdusa ang mga tao sa kanyang opresyon. Wala talaga siyang pagkatao. Hindi niya ginawa ang nararapat niyang trabaho, subalit ginulo ang pagganap ng mga kapatid sa kanilang mga tungkulin—pinagmalupitan niya sila, inabuso sila gamit ang kanyang kapangyarihan. Sino ang papayag sa ganoon? Isang hangal—sino pa ba! Kapag ang gayong mga tao ay tinanggal, mayroon ba silang anumang damdamin tungkol dito pagkatapos? Noong nakaraan, ang taong iyon ay tinanggal ng Itaas; sa pagkakataong ito, pinatalsik siya ng mga kapatid, kinutya palabas ng entablado—hindi magarbong paraan ng pag-alis! Ginusto niya noong una na maghanap ng posisyon. Ang mangyari, hindi siya nakakuha ng posisyon, kundi bumagsak nang biglaan, at ibinalik sa orihinal niyang anyo. Hindi ba’t dapat pinagnilayan niya ang kanyang sarili? (Oo.) Kung siya ay isang normal na tao, na mayroon lang ng malubhang tiwaling disposisyon, hindi ba’t kailangan niya ring pagnilayan ang kanyang sarili? (Oo.) May isang uri ng tao na hindi nagninilay. Iniisip niya na tama siya, na anumang gawin niya ay tama; hindi siya tumatanggap ng mga katunayan, hindi siya tumatanggap ng mga positibong bagay, at hindi niya tinatanggap ang mga pagtatasa ng iba sa kanya. Ang mga ito ang mga taong may disposisyong diwa ng isang anticristo. Ang mga anticristo lang ang hindi marunong magnilay sa kanilang sarili. Ano sa halip ang pinag-iisipan nila? “Hmph! Darating ang araw na muling sisikat ang aking bituin. Hintayin ninyong mapasakamay ko kayo—makikita ninyo kung paano ko kayo pahihirapan!” Magkakaroon ba sila ng pagkakataong gawin iyon? (Hindi.) Wala na silang mga pagkakataon. Habang nauunawaan ng mga kapatid ang mas maraming katotohanan, at kapag nakakilatis na sila ng lahat ng iba’t ibang kalagayan ng iba’t ibang tao, at sa partikular, nakikilatis ang

mga anticristo, ang espasyong natitira para sa isang anticristo na gumawa ng kasamaan ay liliit nang liliit, at magkakaroon siya ng mas kaunting pagkakataon para gawin ito. Hindi magiging madali para sa kanya na subukang makabalik. Umaasa siya na mangangaral nang mas kaunti ang Itaas tungkol sa pagkilatis at hindi na siya makikilatis kung sino siya. Kapag naririnig niyang pinagbabahaginan ang gayong mga katotohanan, alam niyang katapusan na para sa kanya, at iniisip niyang wala nang natitirang pag-asa para sa kanyang pagbabalik. Hindi niya iniisip na: “Ang inilalantad at kinikilatis nila ay tama—ganap na sinasalamon nito ang aking kalagayan. Paano ako dapat magbago? Kung paulit-ulit lang akong aasal nang ganito, hindi ba’t iyon ang magiging katapusan ko? Ituturing akong walang halaga. Ano ang kabutihang maidudulot ng pagtahak sa landas ng arkanghel at pagsalungat sa Diyos?” Magkakaroon ba siya ng gayong pag-iisip? (Hindi.) Hindi siya mag-iisip, at tiyak na hindi niya pagninilayan ang kanyang sarili at susubukang kilalanin ang kanyang sarili; sa halip, mamamatay siya bago magsisi. Iyon ang kalikasan niya. Gaano ka man makipagbahaginan ng katotohanan, hindi siya mapupukaw nito o mapagsisisi. May daanan ba para makatakas nang hindi nagsisisi? (Wala.) Hindi siya nagsisisi. Sinusundan niya ang kanyang landas patungo sa mapait nitong wakas, sa kanyang piniling kapahamakan, na idinidikta ng kalikasan ng mga anticristo.

Buong oras na nating pinag-uusapan ang tungkol sa paksa ng pagkilatis sa mga anticristo. Ano sa palagay ninyo ang pakiramdam ng mga anticristo habang nakikinig sila? Pagdating ng oras para magtipon, nakararamdam sila ng hindi matiis na paghihirap, at nanlalaban sila sa puso. Hindi ba’t mga anticristo sila? (Mga anticristo nga sila.) Kapag ang isang normal na tao na may tiwaling disposisyon ay alam na mayroon siyang disposisyon ng anticristo, sabik siyang makarinig at makaunawa nang higit pa, dahil kapag nakaunawa na siya, doon niya magagawang hangarin ang pagbabago. Iniisip niya na kung hindi siya makakaunawa, maliligaw siya, at maaaring dumating ang araw na tutuntong siya sa landas ng mga anticristo, kung saan gagawa siya ng malaking kasamaan, binubuksan ang mga tarangkahan para sa mas maraming kasamaan, at sa gayon ay mawawala ang pagkakataon niya sa kaligtasan, at hahantong sa kapahamakan. Natatakot siya rito. Iba ang pag-iisip ng isang anticristo. Desperado siyang gawin ang lahat para pigilan ang lahat ng iba pa na magsalita at makarinig ng mga sermon tungkol sa pagkilatis; sabik niyang ninanais na maging magulo ang pag-iisip at mawalan ng pagkilatis ang lahat, at na mailihis niya sila. Iyon ang magpapasaya sa kanya. Ano ang pinakaminimithi ng isang anticristo? Ang makuha ang kapangyarihan. Gusto ninyo bang makuha ang kapangyarihan? (Hindi.) Hindi sa inyong puso, subalit kung minsan ay sumasagi ito sa inyong isip bilang isang bagay na gugustuhin ninyo, at ito nga, sa katunayan, ay isang bagay na gugustuhin ninyong gawin. Maaaring may subhetibo kang kahilingan sa iyong kalooban, isang pananabik sa kaibuturan ng iyong puso na huwag maging ganoong uri ng tao, na huwag tahakin ang landas na iyon, subalit kapag may nangyayari sa iyo, ang iyong tiwaling disposisyon ang nag-uudyok at nagtutulak sa iyo. Pinupuwersa mo ang iyong isipan sa pag-iisip kung paano mo poprotektahan ang iyong

katayuan at impluwensiya, kung gaano karaming tao ang kaya mong kontrolin, kung paano magsalita nang may awtoridad para makuha ang pagpapahalaga ng iba. Kapag palagi mong iniisip ang mga bagay na ito, wala na sa iyong kontrol ang iyong puso. Ano ang kumokontrol dito? (Isang tiwaling disposisyon.) Oo—nasa ilalim ito ng pagkontrol ng tiwaling disposisyon ni Satanas. Buong araw na pinag-iisipan ng isang tao ang tungkol sa mga alalahanin ng kanyang mga makalamang interes; palagi siyang nakikipagtunggali sa iba, at sa proseso ng mga pakikipagtunggaling ito, wala siyang napapalang anuman, at ito ay napakasakit para sa kanya—nabubuhay lang siya para sa laman at kay Satanas. Kaya’t itinatakda ng isang tao ang determinasyon niyang gawin nang maayos ang kanyang tungkulin at mabuhay para sa Diyos, para makipagtunggali lang muli para sa katayuan at kanyang mga interes kapag may mga nangyayari sa kanya: isang pabalik-balik na pakikipagtunggali na nagdudulot sa kanya ng matinding pagkapagod, kung saan wala siyang napapala. Sabihin mo sa Akin, hindi ba’t nakapapagod na paraan iyon ng pamumuhay? (Ganoon nga.) Ganoon siya nabubuhay araw-araw, at nang hindi niya namamalayan, ilang dekada na ang lumipas. May ilang tao na nananampalataya sa Diyos sa loob ng sampu o dalawampung taon—gaano karaming katotohanan na ang nakamit nila? Gaano kalaki na ang naging pagbabago sa kanilang tiwaling disposisyon? Para kanino sila nabubuhay sa bawat araw? Para saan sila nagpapakaabala? Para saan sila nagpakahirap sa pag-iisip? Lahat ng ito ay para sa laman. Sinabi ng Diyos na “ang bawat imahinasyon ng mga kaisipan ng puso ng tao ay palaging kasamaan lang.” May mali ba sa mga salitang iyon? Lasapin mo ang mga ito; namnamin mo ang mga ito. Kapag iniisip mo ang mga salitang ito, kapag nararanasan mo ang mga ito, hindi ka ba natatakot? Maaaring sabihin mong, “Nakararamdam ako ng kaunting takot. Sa panlabas, nagbabayad ako ng mga halaga sa buong araw; tinatalikuran at ginugugol ko ang aking sarili, at nagdurusa. Iyan ang ginagawa ng aking katawang laman—subalit masama ang lahat ng iniisip ng aking puso. Lahat ng mga ito ay sumasalungat sa katotohanan. Sa maraming bagay na ginagawa ko, kung saan ako nanggagaling, ang aking motibo, at ang aking mga layon ay puro tungkol sa paggawa ng kasamaan ng sarili kong imahinasyon.” Ano ang lumalabas sa pagkilos nang ganoon? Masasamang gawa. Matatandaan ba ang mga ito ng Diyos? Maaaring sabihin ng ilan na, “Dalawampung taon na akong nananampalataya sa Diyos. Isinuko ko na ang lahat—at gayon pa man, hindi ito natatandaan ng Diyos.” Nalulungkot at nasasaktan sila. Ano ang nagpapasakit sa kanila? Kung talagang maghihigpit ang Diyos sa tao, walang maipagmamalaki ang tao. Ang lahat ng ito ay biyaya ng Diyos, Kanyang awa—napakamapagparaya ng Diyos sa tao. Pag-isipan mo ito: Ang Diyos ay napakabanal, napakamatuwid, napakamakapangyarihan sa lahat, at nagmamasid lang Siya habang yaong mga sumusunod sa Kanya ay lubos na nag-iisip ng masasamang kaisipan, buong araw, at mga kaisipang sumasalungat sa katotohanan, at mga kaisipang ganap na tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa kanilang sariling katayuan, kasikatan, at pakinabang. Hahayaan ba ng Diyos na sumalungat at magtaksil sa Kanya

nang ganoon ang Kanyang mga tagasunod? Talagang hindi. Pinaghaharian ng mga ideya, kaisipan, intensiyon, at motibong ito, tahasang gumagawa ang mga tao ng mga bagay bilang paghihimagsik at pagsalungat sa Diyos, habang nagmamalaki na ginagawa nila ang kanilang tungkulin at nakikipagtulungan sa gawain ng Diyos. Lahat ng ito ay nakikita ng Diyos, at gayon pa man, kinakailangan Niyang tiisin ito. Paano Niya ito tinitii? Ipinagkakaloob Niya ang katotohanan; nagdidilig at naglalantad Siya; Siya rin ay nagbibigay-liwanag at tumatanglaw, at nagbibigay-gabay, at nagtutuwid at nagdidisiplina—at kapag mahigpit ang disiplinang iyon, kailangan pa Niyang magbigay ng kapanatagan ng loob. Napakapasensiyoso ng Diyos para gawin ang lahat ng iyon! Nakamasid Siya sa iba't ibang tiwaling disposisyon ng mga taong ito, sa katunayang ang lahat ng iba't iba nilang pagbubunyag, pag-uugali, at ideya ay masama—at gayon pa man, natitiis Niya ito. Sabihin mo sa Akin, magagawa ba iyon ng tao? (Hindi.) Tunay ang pasensiyang ipinaaabot ng mga magulang sa kanilang mga anak, subalit maaari pa rin nilang abandonahin ang mga ito o putulin pa nga ang relasyon nila sa mga ito kapag hindi na nila matiis ang mga bagay-bagay. Ano, kung gayon, ang pasensiyang ipinaaabot ng Diyos sa isang tao? Ang bawat araw na nabubuhay ka ay isang araw na ipinaaabot ng Diyos sa iyo ang Kanyang pasensiya. Ganyan Siya kapasensiyoso. Ano ang nakapaloob sa pasensiyang iyon? (Pagmamahal.) Hindi lang pagmamahal—may ekspektasyon Siya sa iyo. Ano ang ekspektasyon na iyon? Na makita Niya ang resulta at ang ani sa pamamagitan ng gawaing Kanyang ginagawa, at mabigyang-kakayahan ang tao na matikman ang Kanyang pagmamahal. May gayong pagmamahal ba ang tao? Wala. Sa kaunting pag-aaral at edukasyon lang, sa kaunting kaloob o espesyal na kasanayan lang, pakiramdam ng isang tao na mas marangal ang kanyang katayuan kaysa sa iba, at na hindi makalalapit sa kanya ang mga ordinaryong tao. Iyon ang pagiging kasuklam-suklam ng tao. Ganyan ba kumikilos ang Diyos? Lubos na kabaligtaran ito: Ang gayong walang kasing dumi at lubhang tiwaling sangkatauhan ay ang mga inililigtas ng Diyos; higit pa, naninirahan Siya kasama nila, nakikipag-usap sa kanila at umaalalay sa kanila, nang harapan. Hindi iyon magagawa ng tao.

Ang sumusunod ay ang karagdagang pagbabahaginan tungkol sa karagdagang problema. May ilang tao, kapag nagpapatotoo sila, na nagsasabing, “Sa tuwing nangyayari sa akin ang mga bagay-bagay, iniisip ko ang pagmamahal ng Diyos at ang Kanyang biyaya at naantig ako. Tumitigil ako sa pagbubunyag ng aking tiwaling disposisyon sa tuwing naiisip ko ang mga bagay na ito.” Pakiramdam ng karamihan ng tao na mabuti ang pahayag na ito, na talagang kaya nitong lutasin ang problema ng mga pagbubunyag ng isang tiwaling disposisyon. May katotohanan ba talaga ang mga salitang ito? Wala, walang katotohanan ang mga ito. Ang pagmamahal ng Diyos, ang pagiging makapangyarihan Niya sa lahat, ang pagpaparaya Niya para sa tao, at ang lahat ng ginagawa Niya sa tao ay nakaaantig lang sa isang tao—ang bahagi ng pagkatao nito, ang bahagi na konsensiya at pagkamakatwiran nito; gayumpaman, hindi nito kayang lutasin ang tiwaling disposisyon ng tao, at hindi rin nito mababago ang layon at direksiyon

ng paghahangad ng tao. Ito ang dahilan kung bakit ginagawa ng Diyos ang gawain ng paghatol sa mga huling araw: Ipinahahayag at ipinagkakaloob Niya ang katotohanan para malutas ang problema ng tiwaling disposisyon ng tao. Ano ang pinakamahalagang bagay na ginagawa ng Diyos? Ipinahahayag at ipinagkakaloob Niya ang katotohanan, at hinahatulan at kinakastigo ang tao. Hindi Niya nais na antigin ka sa Kanyang pagkilos o sa mga bagay na Kanyang ginagawa, para baguhin ang direksiyon at layon ng iyong paghahangad. Hindi Siya gagawa ng gaya niyon. Anuman ang sinasabi ng Diyos tungkol sa kung gaano Siya kapasensiyoso sa tao, o tungkol sa kung paano Niya inililigtas ang tao, sa gaano man kalaking halaga—paano man Niya ito sinasabi, ninanais lang ng Diyos na maipaunawa sa tao ang Kanyang layuning iligtas ang mga tao. Hindi Niya sinasabi ang mga bagay na iyon para palambutin ang puso ng mga tao at bigyan sila ng kakayahang magbalik-loob dahil sa kung gaano sila naantig sa pakikinig sa Kanya. Hindi iyon maaaring gawin. Bakit hindi? Ang tiwaling disposisyon ng tao ay ang kanyang kalikasang diwa, at ang kalikasang diwang iyon ay ang pundasyon kung saan sumasandig ang mga tao para manatiling buhay. Hindi ito masamang ugali o gawi na magbabago sa kaunting pag-uudyok; hindi ito magbabago sa sandaling masaya ang isang tao, o sa kaunting dami ng kaalamang nakamit o bilang ng mga librong nabasa. Imposible iyon. Walang sinumang makapagpapabago sa kalikasan ng tao. Magbabago lang ang isang tao sa pamamagitan ng pagtanggap at pagkakamit ng katotohanan—ang katotohanan lang ang makapagpapabago sa mga tao. Kung gusto mong magkamit ng pagbabago sa iyong buhay disposisyon, dapat mong hangarin ang katotohanan, at para hangarin ang katotohanan, dapat kang magsimula sa pamamagitan ng pagtatamo ng isang malinaw na pagkaunawa sa iba’t ibang katotohanang binibigkas ng Diyos. Naniniwala ang ilang tao na kung naunawaan na ng isang tao ang doktrina, naunawaan na niya ang katotohanan. Wala nang magiging mas mali pa rito. Hindi ito ang kaso na kung nauunawaan mo ang doktrina ng pananampalataya sa Diyos at kaya mong magsalita tungkol sa ilang espirituwal na teorya, naunawaan mo na kung gayon ang katotohanan. Pag-isipan itong mabuti, ngayon: Ano ba talaga ang tinutukoy ng katotohanan? Bakit palagi Kong sinasabi na napakaraming tao ang hindi nakauunawa sa katotohanan? Ipinagpapalagay nilang, “Kung nauunawaan ko ang kahulugan ng mga salita ng Diyos, nangangahulugan iyon na naunawaan ko na ang katotohanan,” at na, “Tama ang lahat ng salita ng Diyos; ang lahat ng ito ay binigkas sa ating puso, kaya’t pinagsasaluhang wika natin ang mga ito.” Sabihin mo sa Akin, tama ba ang pahayag na iyon, o hindi? Ano ba talaga ang ibig sabihin ng pagkaunawa sa katotohanan? Bakit sinasabi nating hindi nila nauunawaan ang katotohanan? Pag-uusapan muna natin nang kaunti kung ano ang katotohanan. Ang katotohanan ay ang realidad ng lahat ng positibong bagay. Kaya, paano nauugnay ang realidad ng mga positibong bagay na iyon sa tao? (Sa pagkakaunawa ko nito, o Diyos, ang paraan kung paano ito naipamamalas kapag nauunawaan ng isang tao ang katotohanan ay na anumang tao, pangyayari, at bagay ang kanyang nakahaharap, may mga prinsipyo siya, at alam niya kung paano tratuhin ang mga ito, at mayroon

siyang landas sa pagsasagawa; nagagawang lutasin ng katotohanan ang kanyang mga paghihirap at nagiging realidad ito sa kanyang buhay. Kasasabi lang ng Diyos na ang pagkaunawa ng isang tao sa doktrina ay hindi pagkaunawa sa katotohanan—pakiramdam niya ay naunawaan na niya ang katotohanan, subalit hindi niya malutas ang alinman sa mga problema at paghihirap na mayroon siya sa kanyang tunay na buhay. Wala siyang landas para doon; hindi niya maiugnay ang mga bagay-bagay sa katotohanan.) Ganoon ang hindi pag-unawa sa katotohanan. Isang bahagi ng kakasabi lang ang tumpak: Ano ang katotohanan? (Mabibigyang-kakayahan ng katotohanan ang mga tao na magkaroon ng isang landas sa pagsasagawa, at na kumilos nang may mga prinsipyo; makalulutas ito ng mga paghihirap ng mga tao.) Tama iyan. Ang ikumpara ang sarili sa mga katotohanang prinsipyo at na magsagawa ayon sa mga ito—iyon ang landas. Pinatutunayan nito na isa iyong pag-unawa sa katotohanan. Kung doktrina lang ang nauunawaan mo, at kapag may nangyayari sa iyo, hindi mo ito mailalapat, at hindi mo mahanap ang mga prinsipyo, hindi iyon pag-unawa sa katotohanan. Ano ang katotohanan? Ang katotohanan ay ang mga prinsipyo at pamantayan sa paggawa ng lahat ng bagay. Hindi ba't iyon nga iyon? (Iyon nga.) Kapag sinasabi Kong hindi ninyo nauunawaan ang katotohanan, ang ibig Kong sabihin ay pagkatapos ninyong makinig ng mga sermon, doktrina lang ang nalalaman ninyo. Hindi ninyo alam kung ano ang mga prinsipyo at pamantayan ng katotohanang nakapaloob dito, o kung aling mga bagay na nangyayari sa inyo ang may kinalaman sa aspektong iyon ng katotohanan, o kung aling mga kalagayan ang sangkot dito, ni hindi ninyo alam kung paano ilapat ang aspektong iyon ng katotohanan. Hindi ninyo alam ang alinman sa mga bagay na ito. Sabihin, halimbawa, na nagtanong kayo. Na magtatanong kayo ay nangangahulugang hindi ninyo nauunawaan ang nauukol na katotohanan. Mauunawaan ninyo ba ito pagkatapos magbahaginan tungkol dito? (Oo.) Maaaring maunawaan ninyo ito nang kaunti pagkatapos ng pagbabahaginan, subalit kung bigo kayong maunawaan ito kapag nangyaring muli sa inyo ang isang katulad na bagay, hindi iyon isang tunay na pag-unawa sa katotohanan. Hindi mo alam ang tungkol sa mga prinsipyo at pamantayan ng katotohanang iyon; wala kang pagkaarok sa mga iyon. Maaaring may katotohanang sa tingin mo ay naunawaan mo na—subalit sa kung ano ang mga realidad na tinutugunan nito, at kung ano ang mga kalagayan ng taong pinatutungkulan nito, kung naunawaan mo na ang katotohanang iyon, kaya mo bang suriin ang sarili mong kalagayan batay rito? Kung hindi mo kaya, at hindi mo kailanman malalaman kung ano ang iyong tunay na kalagayan, kung gayon pag-unawa ba sa katotohanan ang sa iyo? (Hindi.) Hindi ito pag-unawa sa katotohanan. Pagdating sa isang aspekto ng katotohanan at ng mga prinsipyo, kung alam mo kung aling mga usapin at aling mga kalagayan ang may kinalaman sa katotohanang iyon, at kung aling mga uri ng tao o kung alin sa iyong sariling mga kalagayan ang nauugnay sa katotohanang iyon, at nagagamit mo rin ang katotohanang iyon para lutasin ang mga ito, ibig sabihin niyon ay nauunawaan mo ang katotohanan. Kung pakiramdam mo ay nauunawaan mo ang isang sermon habang naririnig mo ito, subalit kapag hiningi sa

iyong makipagbahaginan, ginagaya mo lang ang mga salita na iyong narinig, hindi magawang magsalita tungkol dito at ipaliwanag ito sa konteksto ng mga kalagayan at tunay na sitwasyon, ang sa iyo ba ay pag-unawa sa katotohanan? Hindi, hindi iyon ganoon. Kaya, nauunawaan ba ninyo ang katotohanan kadalasan, o hindi? (Hindi.) Bakit hindi? Dahil pagdating sa karamihan ng mga katotohanan, pagkatapos ninyong marinig ang mga ito, doktrina lang ang inyong naunawaan. Ang magagawa ninyo lang ay sumunod dito bilang isang regulasyon; hindi ninyo alam kung paano ito ilapat nang may pag-aangkop. Kapag may nangyayari sa iyo, natitigilan ka; kapag may nangyayari sa iyo, hindi mo magamit ang kaunting doktrinang naunawaan mo sa sitwasyon—wala itong silbi. Iyon ba ay pag-unawa sa katotohanan, o hindi? (Hindi.) Ganoon ang hindi maunawaan ang katotohanan. Kung hindi mo nauunawaan ang katotohanan, ano kung gayon? Kailangan mong magsumikap pataas, at magtiyagang malaman ito. May ilang bagay na dapat naroroon sa iyong pagkatao: Dapat kang maging maingat at metikuloso sa kung ano ang iyong natututunan at ginagawa. Kung gusto mong hangarin ang katotohanan subalit wala kang konsensiya at katwiran ng mga normal na tao, hindi mo kailanman mauunawaan ang katotohanan, at ang sa iyo ay isang magulong pananalig. Hindi ito nakabatay sa iyong kakayahan; nakabatay lang ito sa kung nagtataglay ka ng ganitong uri ng pagkatao. Kung mayroon ka nito, kahit katamtaman ang iyong kakayahan, mauunawaan mo pa rin ang mga simpleng katotohanan. May kinalaman ito sa katotohanan, kahit papaano. At kung may napakahusay kang kakayahan, maaaring ang mga bagay na nauunawaan mo ay nasa malalalim na antas ng katotohanan, kung saan maaari kang makapasok dito nang mas malalim. May kaugnayan ito sa iyong kakayahan. Subalit kung walang saloobin ng pagiging maingat at metikuloso sa iyong pagkatao, at palagi kang malabo at walang katiyakan, magulo ang isip, palaging nasa isang kalagayan ng kadiliman—madilim, malabo, at pabasta-basta sa lahat ng bagay, palaging magiging mga regulasyon at doktrina ang katotohanan para sa iyo. Hindi mo ito makakamit. Nang marinig mong sabihin Ko ito, nararamdaman mo na ba ngayon na mahirap ang paghahangad sa katotohanan? May antas ito ng kahirapan, subalit maaari itong maging malaking antas, o maaaring maging maliit ito. Kung mag-iisip at magsisikap ka, liliit ang antas ng kahirapan, at magkakamit ka ng ilang katotohanan; kung talagang hindi ka magsisikap sa katotohanan, kundi sa doktrina at mga panlabas na pagsasagawa lang, hindi mo makakamit ang katotohanan.

Nakilatis na ba ninyo ang pinakabuod ng isang bagay sa pamamagitan ng Aking sistematikong pagbabahagi tungkol sa mga katotohanang ito? Nagkaroon na ba kayo ng anumang mga realisasyon? Hindi ba't may mas maraming detalye sa mga bagay sa alinmang aspekto ng katotohanan kaysa sa katawan ng kaalaman ng alinmang kurso sa kolehiyo? (Mayroon.) Napakaraming detalye. Maaarok ng mga tao ang mga bagay na pinag-aaralan sa loob lang ng ilang taon ng pagsisikap, sa pamamagitan ng patuloy na pagsasagawa at direktang karanasan, hangga't makakabisado at mauunawaan nila ang mga ito. Sa pag-aaral ng isang akademikong asignatura, maaari itong unti-unting

mapagdalubhasaan ng isang tao sa pamamagitan lang ng paggugol ng oras at lakas, at paglalaan ng kaunting pag-iisip. Subalit para maunawaan ang katotohanan, hindi sapat na gamitin mo lang ang iyong utak—kailangan mong gamitin ang iyong puso. Kung hindi mo pagninilayan ang mga salita ng Diyos gamit ang iyong puso o daranasin ang mga ito gamit ang iyong puso, hindi mo mauunawaan ang katotohanan. Ang mga tao lang na may espirituwal na pang-unawa, na maingat, at may abilidad na makaarok ang makaaabot sa katotohanan; ang mga walang espirituwal na pang-unawa, na may mahinang kakayahan, at na walang abilidad na makaarok ay hindi kailanman makaaabot dito. Kayo ba ay mga taong pabaya, o kayo ba ay metikuloso? (Kami ay mga taong pabaya.) Hindi ba't mapanganib iyon? Kaya ba ninyong maging metikuloso? (Kaya namin.) Mabuting bagay iyan; gustong-gusto Ko iyang marinig. Huwag ninyo palaging sabihing hindi ninyo kaya—paano ninyo malalaman hangga't hindi ninyo nasusubukan? Dapat ay kaya ninyo ito. Sa kasalukuyan ninyong determinasyon at saloobin sa inyong paghahangad, may pag-asa na mauunawaan ninyo ang mga pangunahing katotohanan. Makakamit ito. Hangga't handa ang isang tao na gamitin ang puso niya at magbayad ng halaga, at nagsisikap siya tungo sa katotohanan sa kanyang puso, gagawa ang Banal na Espiritu at peperpektuhin siya. Kung hindi siya magsisikap tungo sa katotohanan sa kanyang puso, hindi gagawa ang Banal na Espiritu. Tandaan: Para maunawaan ng isang tao ang katotohanan, dapat maagap siyang magsikap at magbayad ng halaga, subalit makakamit lang nito ang kalahati ng mga ninanais na resulta, makakamit lang nito ang bahagi kung saan ang mga tao ay kailangang gawin ang bahagi nila. Ang isa pang kalahati ay ang mahalagang bahagi ng pag-unawa sa katotohanan, na bigong maabot ng mga tao, at dapat sumandig sa gawain at pagpeperpekto ng Banal na Espiritu para makamit. Hindi ninyo dapat kalimutan na, kahit na sapat na ang sumandig sa pagsisikap pagdating sa pagkakamit ng kaalaman at pagkatuto tungkol sa agham, hindi ganoon gumagana ang pag-unawa sa katotohanan. Walang silbi na sumandig sa isipan lang—dapat gamitin ng isang tao ang kanyang puso, at dapat siyang magbayad ng halaga. Ano ang nakakamit sa pagbabayad ng halaga? Ang gawain ng Banal na Espiritu. Subalit ano ang pundasyon para sa gawain ng Banal na Espiritu? Ang isipan ng isang tao ay dapat sapat na metikuloso; ang kanyang puso ay dapat sapat na tahimik at panatag, at sapat na bukas, bago gumawa ang Diyos. Banayad ang gawain ng Banal na Espiritu, at alam ito ng mga nakaranas na nito. Ang mga taong madalas na nagsisikap tungo sa katotohanan ay kadalasang nakadarama ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu, kaya maayos ang landas nila ng pagsasagawa sa pagganap nila ng kanilang tungkulin, at may higit na kalinawan sa kanilang puso. Hindi mararamdaman ng mga taong walang karanasan ang gawain ng Banal na Espiritu, at hindi nila kailanman makikita ang tamang landas. Ang lahat ng bagay ay malabo at hindi tiyak sa kanila; hindi nila alam kung ano ang tamang daan. Ang totoo, hindi mahirap makamit ang pag-unawa sa katotohanan at makita nang malinaw ang landas ng pagsasagawa: Kung nasa puso ng isang tao ang mga kondisyong iyon, gagawa ang Banal na Espiritu. Subalit kung wala sa mga

kondisyong iyon ang iyong puso, hindi mo matutuklasan ang gawain ng Banal na Espiritu. Hindi ito abstrakto o malabo. Kapag ikaw ay nasa mga kalagayang iyon at ang iyong puso ay nasa mga kondisyong iyon, kung ikaw ay maghahanap, magsisikap, magninilay-nilay, at magdarasal, gagawa sa iyo ang Banal na Espiritu. Subalit kung hindi ka nakatuon, palaging ninanais na maghangad ng katayuan at nakikipagtunggali para sa kasikatan at pakinabang, palaging ninanais na gawing isyu ang tungkol sa anyo at ilapat ang iyong pagsisikap para dito—kung ikaw ay palaging tumatakas, nagtatago, umiiwas, at tumatanggi sa Diyos, hindi bukas, at may pusong hindi bukas sa Kanya—hindi gagawa ang Banal na Espiritu, hindi ka Niya papansinin, hindi ka man lang Niya sasawayin. Gaano karaming katotohanan ang mauunawaan ng isang tao na ni minsan ay hindi pa nakararanas ng pagsaway ng Banal na Espiritu? Minsan, sinasaway ka ng Banal na Espiritu para ipaalam sa iyo ang tamang paraan at maling paraan sa paggawa ng isang bagay. Kapag binigyan ka Niya ng ganoong pakiramdam, ano sa huli ang makakamit mo mula rito? Makakamit mo ang abilidad na makilatis ang tama sa mali, at magiging napakalinaw sa iyo ang bagay na iyon, sa isang sulyap: “Mali ang ganoong paraan—hindi ito naaayon sa mga prinsipyo. Hindi ko dapat gawin iyon.” Sa bagay na iyon, malalaman mo nang malinaw kung ano ang mga prinsipyo, at kung ano ang layunin ng Diyos, at kung ano talaga ang katotohanan, at sa gayon, malalaman mo kung ano ang dapat mong gawin. Subalit kung hindi gagawa ang Banal na Espiritu, kung hindi ka Niya bibigyan ng gayong disiplina, magpakailanman kang mananatili sa isang kalagayan ng magulong pag-iisip, nang walang kalinawan, pagdating sa gayong mga bagay. Kapag nangyari sa iyo ang mga ito, matitigilan ka; kapag nangyari sa iyo ang mga ito, hindi mo malalaman kung ano ang nangyayari, at sa iyong puso, magiging sobra kang naguguluhan—hindi magiging malinaw sa iyo kung ano ang dapat mong gawin. Maaaring halos sumabog ka na sa pag-aalala—subalit bakit hindi gagawa ang Banal na Espiritu? Marahil ay hindi tama ang ilang kalagayan sa iyong kalooban, at ikaw ay lumalaban. Ano ang ipinanglalaman mo? Kung kumakapit ka sa kung anong maling pananaw o kuru-kuro, hindi gagawa ang Diyos, kundi maghihintay hanggang sa kung kailan mo mapagtatanto na mali ang kuru-kuro o pananaw na iyon. Gagawa lang ang Banal na Espiritu mula sa pundasyong iyon. Kapag gumagawa ang Banal na Espiritu, hindi Siya tumitigil sa pagpapabatid sa iyo, sa kamalayan mo, kung ano ang tama at mali. Sa halip, hinahayaan ka Niyang malinaw na makita kung ano ang landas, at ang direksiyon, at ang pakay, at kung gaano kalayo ang iyong pang-unawa mula sa katotohanan. Hinahayaan ka Niyang malaman ito nang malinaw. Nagkaroon na ba kayo ng gayong mga karanasan? Kung sampu o dalawampung taon nang nananampalataya sa Diyos ang isang tao nang walang gayong mga partikular na karanasan, anong uri siya ng tao? Isang taong pabaya. Makapagbibigay lang siya ng ilang doktrina at islogan na madalas na paulit-ulit na binibigkas, at makalulutas lang ng mga problema gamit ang ilan niyang estratehiya at simpleng teknik na iyon. Dahil dito, nakatakda siyang magkaroon ng kaunting pag-usad—hindi niya kailanman mauunawaan ang katotohanan, at ang Banal na Espiritu ay

hindi gagawa sa kanya. Sa gayong mga pabayang tao, na ganap na hindi maaabot ang katotohanan, hindi nila ito mauunawaan, kahit pa bigyang-liwanag sila ng Banal na Espiritu. At sa gayon, hindi gagawa sa kanila ang Banal na Espiritu. Bakit hindi? May paborito ba ang Diyos? Wala. Ano ang dahilan, kung gayon? Dahil napakababa ng kanilang kakayahan, at hindi nila ito maaabot. Hindi nila nauunawaan ang katotohanan, kahit pa gumagawa ang Banal na Espiritu; kung sasabihin sa kanila na ang isang bagay ay isang prinsipyo, magkakaroon ba sila ng abilidad na maunawaan iyon? Hindi. Kaya, hindi iyon gagawin ng Diyos. Nagkaroon ba kayo ng mga karanasan sa ganito? Ang katotohanan ay walang kinikilingan. Habang hinahangad mo ito, habang sinasaliksik mo ito, gagawa ang Banal na Espiritu, at makakamit mo ito. Subalit kung tamad ka at nag-iimbot ng kaginhawahan, at ayaw mong magsikap sa katotohanan, hindi gagawa ang Banal na Espiritu, at hindi mo makakamit ang katotohanan, kahit sino ka man. Nauunawaan mo na ba ngayon? Kasalukuyan ninyo bang hinahangad ang katotohanan? Ang sinumang naghahangad nito ay nagkakamit nito, at ang mga magkakamit ng katotohanan sa huli ay magiging mga kayamanan. Maaaring mainggit sa kanila ang mga hindi ito kayang makamit, nang walang silbi: Kung palalampasin nila ang pagkakataong ito, mawawala ito.

Kailan ang pinakamagandang yugto ng panahon para hangarin ang katotohanan? Sa panahong ito, kung kailan gumagawa ang Diyos sa katawang-tao, nakikipag-usap at nakikipagbahaginan sa iyo nang harapan, ginagabayan ka at tinutulungan ka. Bakit Ko nasabi na ito ang pinakamagandang panahon? Dahil ang gawain at pananalita ng Diyos na nagkatawang-tao ay ganap na nakapagbibigay-kakayahan sa iyo na maunawaan ang mga layunin ng Banal na Espiritu, at nagpapahintulot sa iyong malaman kung paano gumagawa ang Banal na Espiritu. Nauunawaan ng Diyos na nagkatawang-tao ang mga prinsipyo, huwaran, paraan, at estratehiya ng gawain ng Banal na Espiritu sa kabuuan nito, at sinasabi Niya ito sa iyo, para hindi mo na kailanganing ikaw mismo ang mangapa para dito. Gamitin ang shortcut na ito, at makaaabot ka rito, kaagad. Kapag humintong magsalita ang Diyos na nagkatawang-tao at natapos na ang Kanyang gawain, kakailanganin mong ikaw mismo ang mag-apuhap para dito. Walang sinuman ang maaaring humalili para sa nagkatawang-taong laman na ito, na maaaring tahasang magsabi sa iyo kung ano ang gagawin, at kung saan pupunta, at kung anong uri ng daan ang tatahakin. Walang sinumang makapagsasabi sa iyo ng mga bagay na iyon; gaano man ka-espirituwal ang isang tao, hindi niya ito magagawa. May mga halimbawa nito. Katulad lang ito sa mga mananampalataya ni Jesus, na nananampalataya na sa loob ng dalawang libong taon: May ilan sa kanila ngayon ang humahakbang paatras para basahin ang Lumang Tipan at sundin ang kautusan; at may ilang nagpapasan ng mga krus, gayon man ay isinasabit ang sampung utos sa kanilang mga silid, at sinusunod ang mga regulasyon at mga kautusan. Ano ang nakamit nila sa huli? Gumagawa ang Banal na Espiritu, pero kung wala ang mga tahasang salita ng Diyos, palaging nag-aapuhap lang ang mga tao. Ano ang ibig sabihin ng kawalan ng mga maliwanag na salita? Ibig sabihin nito na ang

inaapuhap at natatamo ng mga tao ay hindi tiyak. Walang sinuman ang makapagbibigay sa iyo ng katiyakan, sinasabing tama para sa iyong gawin ito at mali na gawin iyon. Walang makapagsasabi sa iyo niyan. Kahit na bigyang-liwanag ka ng Banal na Espiritu, at naniniwala kang tama ito, sumasang-ayon ba ang Diyos? Hindi ka rin sigurado, hindi ba? (Hindi.) Ang mga salitang iyon ng Panginoong Jesus, na iniwan Niya dalawang libong taon na ang nakalilipas at naitala sa Bibliya—ngayon, pagkaraan ng dalawang libong taon, ang mga mananampalataya sa Panginoon ay nag-aalok ng lahat ng uri ng paliwanag tungkol sa usapin ng Kanyang pagbabalik, at walang nakaaalam kung ano talaga ang tumpak na paliwanag. Kaya, isang malaking pasanin para sa kanila na tanggapin ang yugtong ito ng gawain. Ano ang ipinapakita nito? Na sa mga hindi maliwanag na salitang ito na hindi maliwanag na ibinigay, ang sampung tao ay may sampung paliwanag, at isang daan, isang daan. Ang bawat isa ay may kanya-kanyang pangangatwiran at argumento. Aling paliwanag ang tama? Hangga't hindi nagsasalita o nag-aalok ng kongklusyon ang Diyos, wala sa sinasabi ng tao ang mahalaga. Gaano man kalaki ang iyong denominasyon, gaano man karami ang mga miyembro nito, may halaga ba ito sa Diyos? (Wala.) Hindi tinitingnan ng Diyos ang iyong puwersa. Kahit na walang isang tao sa mundo ang makatatanggap sa ginagawa ng Diyos, tama ito, at ito ang katotohanan. Ito ay isang walang hanggang, hindi nagbabagong katunayan! Ipinaliliwanag ito ng lahat ng relihiyon at denominasyon sa ganitong paraan at ganyan, at ano ang mangyayari sa huli? May silbi ba ang iyong paliwanag? (Wala.) Pinabubulaanan ito ng Diyos sa isang pangungusap. Gaano mo man ito patuloy na ipinaliliwanag, papansinin ka ba ng Diyos? (Hindi.) Bakit hindi ka papansinin ng Diyos? Nagsimulang gumawa ng bagong gawain ang Diyos, nagpapatuloy nang halos tatlong taon na ngayon. Pakikinggan Niya ba ang mga taong iyon, gaano man kayabang silang nagsisisigaw? (Hindi.) Hindi Niya sila papansinin. Sasabihin ng mga tao sa relihiyon: “Kung hindi Mo sila pinakikinggan, hindi ba maliligtas ang mga taong iyon?” Ang katunayan ay matagal nang nilinaw ng mga salita ng Diyos ang lahat, at nasusunod ang Kanyang sinasabi. Gaano man kalaki ang puwersa ng relihiyosong mundo, wala itong silbi; gaano man kalaki ang kanilang bilang, hindi iyon nagpapatunay na nasa kanila ang katotohanan. Ginagawa ng Diyos ang nararapat Niyang gawin; kung saan man Siya dapat magsimula, doon Siya nagsisimula; kung sino man ang dapat Niyang piliin, iyon ang pinipili Niya. Naiimpluwensiyahan at napipigilan ba Siya ng relihiyosong mundo? (Hindi.) Hindi kahit kaunti. Ito ay gawain ng Diyos. At gayumpaman, gusto ng tiwaling sangkatauhan na makipagtalo sa Diyos, at nag-aalok sa Kanya ng mga paliwanag buong araw—may anumang silbi ba ito? Kinukuha pa nga nila ang mga salita ng Bibliya para bigyang-kahulugan ayon sa gusto nila—malinaw na inaalís nila ang mga ito sa konteksto, at gusto pa nga nilang kumapit sa mga ito buong buhay nila, naghihintay na tuparin ng Diyos ang mga ito. Nananaginip sila! Kung hindi hahanapin ng isang tao ang katotohanan sa mga salita ng Diyos, at palaging nanaising hilingin sa Diyos na gawin ang bagay na ito at ang bagay na iyon, mayroon pa bang katwiran ang taong iyon? Ano ang sinusubukan niyang

gawin? Gusto ba niyang mag-alsa? Gusto ba niyang makipaglaban sa Diyos? Kapag bumagsak ang malalaking kalamidad, magugulat ang lahat; iiyak sila at sisigaw, nang walang silbi. Hindi ba't ganito ang mangyayari? Ganito nga.

Ngayon ang pinakamagandang yugto ng panahon—ito ang panahon kung kailan inililigtas at ginagawang perpekto ng Diyos ang mga tao. Huwag hintayin na dumating ang araw na nalampasan mo na ang panahong ito, at pagkatapos ay pagnilayan: “Ano ang ibig sabihin ng sinabing iyon ng Diyos? Mas mainam na magtanong sa panahong iyon, ngayon ay hindi na ako makapagtanong. Magdarasal na lang ako kung gayon; gagawa ang Banal na Espiritu, parehong bagay iyon.” Magiging pareho ba ito? (Hindi.) Kung pareho iyon, ang mga taong nananampalataya sa Panginoon sa loob nitong dalawang libong taon ay hindi magiging kung ano sila. Tingnan na lang ang mga salitang isinulat ng mga tinatawag na santo sa unang kalahati ng ikalawang milenyo—gaano kababaw ang mga ito, gaano kaawa-awa! Mayroon na ngayong isang makapal na aklat ng mga himno na inaawit ng mga tao ng lahat ng relihiyon at denominasyon, at ang mga himnong iyon ay nagsasabi lang tungkol sa biyaya at pagpapala ng Diyos—ang dalawang bagay lang na iyon. Kaalaman sa Diyos ba iyon? Hindi, hindi iyon kaalaman ng Diyos. May kaunting katotohanan ba rito? (Wala.) Alam lang nila na mahal ng Diyos ang mga tao sa mundo. May isang kasabihan na laging nariyan sa mundo, hindi nagbabago: “Ang Diyos ay pag-ibig.” Iyon lang ang pangungusap na alam nila. Buveno, paano minamahal ng Diyos ang mga tao? Inaabandona at itinitiwag na sila ngayon ng Diyos—pag-ibig pa rin ba Siya? Sa tingin nila, hindi—hindi na. Kaya kinokondena nila Siya. Na hindi naghahangad ang taong iyon ng katotohanan at hindi ito nauunawaan ay ang pinakakaawa-awang bagay. May gayong napakagandang pagkakataon sa kasalukuyan. Nagkatawang-tao ang Diyos para ipahayag ang katotohanan at iligtas ang mga tao nang personal. Nakapanghihinayang, kung hindi mo hinangad ang katotohanan at hindi mo ito nakamit. Kung hinangad mo ito, at ginawa ito nang buong sigla, subalit nabigong maunawaan ito sa huli, magkakaroon ka ng malinis na konsensiya—kahit paano ay hindi mo mabibigo ang iyong sarili. Sinimulan na ba ninyo ang inyong paghahangad? Ang pagtupad ba sa isang tungkulin ay maibibilang na paghahangad sa katotohanan? Maibibilang ito na isang uri ng pakikipagtulungan, subalit pagdating sa pagkakamit ng paghahangad sa katotohanan, sa pagbilang na isang paghahangad sa katotohanan, wala pa ito roon. Ito ay isang anyo lang ng pag-uugali, isang uri ng pagkilos—ito ay pagtataglay ng isang saloobing naghahangad sa katotohanan. Kaya, paano maibibilang ang isang bagay na paghahangad sa katotohanan, kung gayon? Dapat magsimula ka sa pag-unawa sa katotohanan. Kung hindi mo nauunawaan ang katotohanan, at hindi sineseryoso ang anumang bagay, at nagiging pabasta-basta sa iyong tungkulin, at ginagawa ang anumang naisin mo, nang hindi kailanman hinahanap ang katotohanan o binibigyang-pansin ang mga katotohanang prinsipyo, magagawa mo ba kung gayon na maunawaan ang katotohanan? Kung hindi mo nauunawaan ang katotohanan, paano mo ito hahangarin? Hindi ba't tama iyon? (Ganoon nga.) Anong uri

ng mga tao ang mga hindi naghahangad sa katotohanan? Mga hangal sila. Kaya, paano mo hahangarin ang katotohanan, kung gayon? Dapat simulan mo sa pamamagitan ng pag-unawa rito. Mahirap bang unawain ang katotohanan? Hindi, hindi ito mahirap. Magsimula sa mga kapaligiran na nakakasalamuha mo at sa tungkuling ginagampanan mo, at magsagawa at magsanay ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Ipinapakita ng paggawa nito na ikaw ay nagsimulang tumahak sa landas ng paghahangad sa katotohanan. Una, mula sa mga prinsipyong ito, magsimulang maghanap, magnilay-nilay, magdasal, at magkamit ng kaliwanagan nang paunti-unti—ang kaliwanagan na iyong makakamit ay ang katotohanang dapat mong maunawaan. Hanapin mo muna ang katotohanan mula sa pagganap mo sa iyong tungkulin, at hangarin ang pagkilos ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Ang lahat ng bagay na ito ay hindi maihihiwalay sa tunay na buhay: ang mga tao, pangyayari, at bagay na nakatatagpo mo sa buhay, at ang mga isyu na nasa saklaw ng iyong tungkulin. Magsimula sa mga bagay na iyon, at abutin ang pag-unawa sa mga katotohanang prinsipyo—pagkatapos ay magkakaroon ka ng buhay pagpasok.

Oktubre 23, 2019

Ikawalong Aytem: Hinihimok Nila ang Iba na sa Kanila Lang Magpasakop, Hindi sa Katotohanan o sa Diyos (Ikatlong Bahagi)

Karagdagang Babasahin: Isang Paghihimay sa Tradisyonal na Kultura sa Silangan at Kanluran

Sabihin mo sa Akin, ano ang katotohanan? Hindi ba't nagbahaginan na tayo sa paksang ito noon? (Oo, nagbahaginan na tayo.) Kung gayon, sabihin ninyo sa Akin kung ano ang katotohanan sa mga sarili ninyong salita. (Ang katotohanan ay ang prinsipyo at ang pamantayan kung saan sinusukat ang lahat ng tao, mga pangyayari, at mga bagay.) Mabuti. Sino pa? May iba bang paraan ng paglalahad nito? Huwag ninyong isipin kung aling mga salita ng doktrina ang gagamitin, o kung aling linya ng mga salita ng Diyos ang pipiliin para sa inyong sagot, sumagot lang kayo gamit ang mga salita mula sa inyong sariling aktuwal na karanasan at praktikal na pagkaunawa. Ayos lang kung hindi masyadong malalim ang mga ito. Sinasabi ng ilang tao, "Ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan." Kahit na tama ito, kung nagagawa mo lang sabihin ang mga salitang ito, subalit hindi nauunawaan ang aktuwal na kahulugan ng mga ito, pawang doktrina lang ang mga ito sa iyo. Ipagpatuloy pa natin ngayon ang usapan—ano ang katotohanan? Ano ang mga salita ng Diyos? Ano ang diwa ng mga salita ng Diyos? Ang katotohanan ba ang pamantayan na binubuo ng mga tao sa pamamagitan ng pag-iisip at pagsasaalang-alang? (Hindi, hindi iyon.) Ang katotohanan ba ay ang naibuod na mga karanasan ng mga tao at ang kaalamang nakamit nila, o isang uri ng kulturang panlipunan, o isang tradisyonal na kultura na ginawa sa loob ng isang tiyak na kontekstong panlipunan? (Hindi, hindi iyon.) Kung gayon, ang katotohanan ba ay ang mga prinsipyong ibinubuod ng mga tao sa sarili nila para sa kanilang sariling asal at mga kilos? (Hindi, hindi iyon.) Kung gayon, ano ba talaga ito? Paano natin matutukoy ang mga prinsipyong binanggit dito, para magkaroon sila ng isang tiyak na kahulugan at malaman ng mga tao, na ito ang katotohanan sa sandaling marinig nila ito? Paano natin ito maipaliliwanag nang maikli at tumpak para sa mga tao? (Pawang katotohanan ang mga hinihingi ng Diyos sa tao.) Pawang katotohanan ang mga hinihingi ng Diyos sa tao, tama iyon, subalit paano mo iyon masasabi sa mas eksakto pang paraan? (Ang katotohanan ay ang realidad ng lahat ng positibong bagay.) Madalas itong sinasabi noon. Madalas nating sabihin na ang mga salita ng Diyos, ang Kanyang mga hinihingi sa tao, at ang realidad ng lahat ng positibong bagay ay ang katotohanan—ano pa ba ang mayroon doon? (Ang katotohanan ay ang pamantayan at ang landas kung paano dapat harapin ng mga tao ang mga usapin at kung paano dapat umasal.) Ang katotohanan ay ang pamantayan at ang landas kung paano dapat harapin ng mga tao ang mga usapin at paano sila dapat umasal, tama rin ito. Ngayon ibuod ang lahat ng aspektong ito at bigyang-depinisyon ang katotohanan sa isang maikling pangungusap. (Ang Diyos ang katotohanan.) Ang

Diyos ang katotohanan; medyo masyadong malawak ito, masyadong pangkalahatan. Kailangan nitong maging mas espesipiko, para kapag narinig ito ng mga tao, maramdaman nilang isa itong tumpak na depinisyon, hindi humpak subalit medyo kongkreto at praktikal, at isipin na ito ay angkop. Subukan muling ibuod ito; paano mo ito eksaktong maipahahayag nang mas tumpak? (Nakipagbahaginan ang ang Itaas noon na ang katotohanan ang pamantayan para sa sariling asal, mga kilos, at pagsamba ng tao sa Diyos.) Hindi ba't naipahayag iyon nang maikli? (Oo, ganoon nga.) Ang katotohanan ang pamantayan para sa sariling asal, mga kilos, at pagsamba ng tao sa Diyos. Bakit tinutukoy ito bilang isang pamantayan? Paano natin dapat unawain ang salitang “pamantayan” sa literal na pakahulugan? (Bilang isang tumpak na prinsipyo.) Bilang isang tumpak na prinsipyo o tuntunin; matatawag din itong isang regulasyon. Kaya, ano ang tinutukoy ng isang “pamantayan”? (Isang sukatan.) Tumutukoy ito sa isang pamantayan, tiyak na tuntunin at prinsipyo. Iyan ang tinatawag nating isang pamantayan. Ang pamantayan para sa sariling asal, mga kilos, at pagsamba ng tao sa Diyos—kung tumpak ang mga depinisyong ito, saan nauugnay ang pamantayang ito? Ano ang tinutukoy nito rito? Tulad ito ng nauna nang tinukoy: ang pamantayan para sa sariling asal, mga kilos, at pagsamba ng tao sa Diyos. Ito ang katotohanan. Ngayon, kapag may magbabasa ng pangungusap na iyon, maiisip kaya nila, “Katotohanan rin ang ating tradisyonal na kultura”? Maaari ba itong ilagay sa ilalim ng kategorya ng katotohanan? (Hindi, hindi maaari.) Hindi maaari. Masasabi ba nila, “Mayroon kaming kongklusyon ng akademikong pananaliksik na siyang katotohanan,” o “Ang ating mga tao ay may kultura, o isang karanasan, o isang mabuting pamantayang moral na siya ring katotohanan”? Maaari bang tukuyin ang katotohanan nang ganito? (Hindi, hindi maaari.) Bakit hindi natin maaaring gamitin ang mga bagay na ito para tukuyin ang katotohanan? Bakit sinasabi nating walang kinalaman ang mga bagay na ito sa katotohanan? (Walang kinalaman ang mga ito sa pagsamba sa Diyos.) Tama iyan. Maaaring nauugnay ang mga ito sa sariling asal ng mga tao, subalit hindi nauugnay ang mga ito sa pagsamba sa Diyos. Ano ang tinutukoy ng sariling asal na pinag-uusapan nila? Ano ang kanilang mga pamantayan at tuntunin? Mabuting pag-uugali na nagmumula kay Satanas. Hindi tungkol ang mga ito sa pagsamba sa Diyos, tungkol ang mga ito sa pagsamba at pagtatanggol kay Satanas. Kalipunan ang mga ito ng mga kasabihan o kultura tungkol sa sariling asal na ibinuod mula sa mga imahinasyon at kuru-kuro ng tao, at mula sa kung ano ang pinaniniwalaan ng mga tao bilang mabubuting moralidad o pag-uugali. Hindi napapaloob sa mga ito ang katotohanan o ang pagsamba sa Diyos—walang kinalaman ang mga ito sa pagsamba sa Diyos.

Nagbuod ang mga Tsino ng isang tradisyonal na kultura na angkop lang para sa mga Tsino, at na hindi matatanggap ng mga Kanluranin. Ang mga Kanluranin ay may kanilang sariling mga pambansang bayani, pambansang pagpapahalaga ng moral na integridad, at pambansang kultura, subalit kung dadalhin nila ang kanilang mga kultura sa Silangan, tatanggapin ba ang mga ito ng mga tao roon? (Hindi, hindi nila tatanggapin.)

Hindi rin tatanggapin ang mga ito. Samakatwid, gaano man kataas ang pagtingin ng mga tao sa mga kulturang ito, o gaano man karangal ang tingin nila sa mga tradisyong ito, mayroon bang anumang kaugnayan sa pagitan ng mga ito at ng katotohanan? (Wala, walang kaugnayan.) Walang kaugnayan. Halimbawa, may isang uri ng tradisyonal na kultura sa Silangan na nagsasaad na hindi mapalad na hayop ang mga kuwago. Ano ang sinasabi ng mga tao? “Hindi ang kuwago na umiiyak ang dapat mong katakutan, kundi ang kuwago na tumatawa. Pakinggan ang tawag nila, at tiyak na may mangyayaring masasamang bagay.” Sa tradisyonal na kultura ng Silangan, pinaniniwalaang hindi mapalad at malas ang mga kuwago. Kung gayon, gusto ba ng mga taga-Silangan ang “malas” na hayop na ito? (Hindi, hindi nila gusto.) Saan nakabatay ang hindi pagkagustong ito? Batay ito sa tradisyonal na kultura ng Silangan, at sa kung ano ang ipinasa sa mga henerasyon, na nagsasabing “Nagbabalita ng kamatayan sa pamilya ang tawag ng isang kuwago.” Maaaring isa itong alituntunin na binuod ng mga tao, o isang imahinasyon ng tao, o nagkataon lang, at pagkatapos ay pinaniniwalaan na ng mga tao sa puso nila na masama ang mga kuwago. Iniisip nilang walang dapat sumamba sa mga ito o tratuhin ang mga ito bilang mapapalad na hayop, at na, kung makakita sila ng isang kuwago, dapat nila itong mabilis na itaboy, at huwag itong tanggapin. Hindi ba’t isa itong uri ng kultura? (Oo, ito nga.) Positibo o negatibo man ang uri ng kulturang ito, isa itong uri ng katutubong pamana. Sa ngayon, huwag muna nating pag-usapan kung tama o mali ito, at sabihin na lang na ang ganitong uri ng kultura ay lubusang kinikilala ng bawat tao sa Silangan, partikular sa Tsina. Naniniwala ang bawat tao roon sa kanilang puso na masasama at hindi mapapalad na hayop ang mga kuwago, kaya’t magmamadali silang iiwas kung makikita nila ito. Subalit sa Kanluran, naniniwala ang ilang tao na isang uri ng mapalad na hayop ang mga kuwago, at ginagamit ang mga estatwa at pinta ng kuwago bilang mga dekorasyon. Ang lahat ng uri ng mga gawang burda at totem ay mayroon ding mga disenyo ng kuwago, at tinatrato ang mga ito bilang mapapalad na hayop. Ano ang ibig sabihin ng pagiging isang mapalad na hayop? Lyon ay na maaaring magdala ng suwerte sa iyo ang hayop na ito, at hindi ka makatatagpo ng kamalasan pagkatapos marinig itong tumawag o makita ang isa nito. Ito ay isang uri ng popular na tradisyonal na kultura sa Kanluran. Hindi tayo gagawa ng panghuhusga kung alin sa mga kulturang ito ang tama at kung alin ang mali; hindi tayo ang manghuhusga tungkol dito. Subalit sa pamamagitan ng bagay na ito makikita natin na ang parehong hayop na nilikha ng Diyos ay napapasailalim sa iba’t ibang pananaw at kuru-kuro sa Silangan at sa Kanluran, na bukod doon ay ganap na magkaiba. Hindi ito itinuturing ng mga taga-Silangan na isang mabuting bagay, at tumatawa o umiiyak man ang isang kuwago, hindi ito itinuturing na mabuti para sa kanila, habang itinuturing itong mapalad ng mga taga-Kanluran umiiyak o tumatawa man ito, at na ang makita lang ang isa nito ay maaaring magdala sa kanila ng suwerte, kaya tinatrato nila bilang mapapalad na hayop ang mga kuwago. Nagmula sa tradisyonal na kultura ang dalawang pananaw at paraan na ito ng pakikitungo sa mga kuwago: isa na naniniwala na malas ang mga kuwago, at isa na itinuturing na mapalad

ang mga ito. Kung titingnan ito ngayon, alin ang naaayon sa katotohanan, at alin ang hindi? (Hindi naaayon ang alinman sa katotohanan.) Saan ninyo ibinabatay ang pahayag na iyon? (Wala sa alinmang pananaw ang nagmumula sa Diyos.) Tama iyan. Kapag sinasabi ng mga tao na hindi mapapalad na hayop ang mga kuwago, saan nila ibinabatay iyon? Ito ay tradisyonal na kultura ng Silangan; kung ano ang pinaniniwalaan nilang mapalad o hindi mapalad, o na magdadala ng sakuna, kamalasan, o suwerte, ay sinusukat ayon sa tradisyonal na kultura. Isa itong paraan ng pagtingin sa mga bagay-bagay na hango sa mga imahinasyon at kuru-kuro, kung saan nagmumula ang ganitong uri ng kultura. Iniisip ng mga Kanluranin na ang ganitong uri ng hayop ay maaaring magdala ng suwerte sa mga tao, at siyempre pa, ito ay mas mabuti nang kaunti at mas progresibo ito kaysa sa pagtrato at pagturing dito bilang malas. Pinararamdam nito sa mga tao na ito ay isang medyo mabuting hayop, at na kahit papaano ay magiging kalmado at matatag ang pakiramdam nila pagkatapos makakita ng isa nito, na mas mabuti kaysa sa makaramdam ng pagiging malas. Subalit ano ang mapapala mo sa pagkaunawa rito nang ganito? Makapagdadala ba talaga sa iyo ng suwerte ang mga kuwago? (Hindi, hindi kaya ng mga ito.) Kung ipinanganak ka sa Tsina, maaari ba talagang itakda ng mga kuwago ang iyong suwerte? Hindi rin. Kaya, ano ang makikita mo mula rito? Naniniwala ka man o hindi na makapagdadala ng kamalasan o suwerte ang hayop na ito, isa lang itong paniniwala at kuru-kuro ng tao, hindi isang katunayan. Ano ang pinatutunayan nito? (Na hindi katotohanan ang tradisyonal na kultura.) Tama; walang kultura ang katotohanan. Kaya paano mo dapat tratuhin ang mga kuwago sa paraang naaayon sa katotohanan? May kinalaman ito sa pamantayanpara sa sariling asal, mga kilos, at pagsamba ng tao sa Diyos. Ano ang pamantayan dito? Ibig sabihin, sa anong uri ng perspektiba mo dapat tingnan ang nilalang na ito, at paano mo ito dapat tratuhin kapag may nagpapakitang isa nito sa iyo, umiiyak man ito o tumatawa—may kaakibat na pamantayan ang mga bagay na ito. Ano ang pamantayan? (Ang katotohanan.) Ang pamantayan ay ang katotohanan. Pagdating sa kung paano mo dapat tratuhin ang isang kuwago, saan mo dapat ibabatay ito? (Sa mga salita ng Diyos.) At ano ang sinasabi ng salita ng Diyos tungkol sa pakikitungo sa ganitong uri ng nilalang? Hindi partikular na sinasabi ng kanyang mga salita na, “Dapat mong tratuhin nang tama ang mga kuwago, at hindi dapat na kumiling sa bagay na ito. Hindi mo dapat sabihin na malas ang mga kuwago, o na hindi rin magdadala ng suwerte ang mga ito sa iyo. Dapat mong tratuhin nang obhetibo at patas ang mga kuwago.” Hindi ito sinabi ng Diyos. Kaya, anong batayan ang kailangan mong taglayin para umayon ang iyong mga pananaw sa mga kuwago sa pamantayan, sa katotohanan? (Ang katunayang nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay.) Dapat mong maging batayan ang katotohanang nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay, ito ang katotohanan. Sa mga kamay ng Diyos ang lahat ng bagay ay may kanya-kanyang gamit, misyon, at halaga sa pag-iral. Ano pa? (Ang lahat ng bagay ay mabuti sa perspektiba ng Diyos.) Tama, ang lahat ng bagay na nilikha ng Diyos ay mabuti, may halaga sa pag-iral, at kailangang umiral. Hangga’t nagmumula sa

Diyos at ginawa Niya ang isang bagay, hindi ito kailanman magiging di-kinakailangan. Ano ang ibig sabihin nitong “hindi kailanman mawawalan ng silbi”? Ito ay na hindi ito basta-basta magdadala ng kamalasan sa mga tao. Talaga bang basta na lang makapagdadala sa iyo ng kamalasan ang isang maliit na kuwago? Hindi ba’t gagawin naman niyang napakamakapangyarihan ang kuwago? Alin ang mas mataas: tao o kuwago? Ang mga tao ang mga tagapangalaga ng lahat ng bagay, at mas tumpak na sabihing kinokontrol nila ang mga tadhana ng mga kuwago, at kaya nilang lipulin ang lahat ng mga kuwago nang ganoon lang. Imposible para sa mga kuwagong baguhin ang tadhana ng tao. Kaya, anong paraan ng pagtrato sa nilalang na ito ang naaayon sa katotohanan? Ang pagtrato rito nang naaayon sa mga salita ng Diyos. Nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay, ang lahat ng iba’t ibang nilalang, at ang mga tao rin. Ang mga kuwago ay mga nilalang, kaya dapat nating pakitunguhan ang mga ito nang naaayon sa perspektiba nang pagtrato natin sa lahat ng nilalang. Una, hindi natin dapat basta-bastang sirain ang mga batas ng pananatiling buhay nito. Halimbawa, ang kagawian at katangian ng mga kuwago ay ang pagtulog sa umaga, at manghuli at maging aktibo sa gabi. Kung nakatagpo ka ng isang sugatang kuwago, at mabuti mo itong kinupkop, paano mo ito dapat tratuhin? (Ayon sa mga kagawian nito.) Tama, dapat mong igalang ang mga batas kung saan ito nabubuhay. Huwag mong isiping patulugin ito sa gabi, pakainin ito ng mga gamot-pampatulog kung hindi ito natutulog. Mali ito. Kung palagi itong maingay sa gabi, at naaabala nito ang iyong pahinga, maaari mo itong ilipat sa isang lugar kung saan hindi ka nito maaabala, subalit hindi mo dapat gambalain ang mga batas kung saan ito nabubuhay, o labagin ang paraan nito ng pananatiling buhay. Hindi ba’t ito ang tamang paraan ng pagtrato rito? (Oo, ito nga.) Ito dapat ang iyong perspektiba sa lahat ng bagay na nilikha ng Diyos. Una, magkaroon ng tamang perspektiba. Ito ang unang hakbang na dapat mong gawin kapag gumagawa ng anumang bagay. Pangalawa, dapat mong gamitin ang tamang perspektibang ito kapag gumagawa ng mga bagay-bagay o nag-aasikaso ng mga usapin, para ang ginagawa mo ay maging naaayon sa katotohanan. Ang mga ito ang pamantayan. Ang mga pamantayan, sa madaling salita, ay mga tiyak na tuntunin at batas. Halimbawa, kapag nakakakita ang pusa ng isang daga, gusto nitong hulihin ito. Sabihin nating sa tingin mo ay nilikha rin ng Diyos ang mga daga, at gusto mong pigilan ang pusa, at hadlangan itong mahuli ang daga—mali ba ito? (Oo, mali ito.) Ano ang palagay mo sa pamamaraang ito? (Nilalabag nito ang mga batas.) Labag ito sa mga batas ng kalikasan. Kapag nakakakita ang ilang tao ng isda sa tubig, nagtataka sila, “Sinasabi ng lahat na hindi mabubuhay ang isda kapag walang tubig. Subalit susubukan ko ang lahat para mailabas ito sa tubig at mabuhay ito sa lupa.” Nagreresulta ito sa pagkamatay ng isda ilang sandali pagkatapos nito. Anong tawag dito? (Kalokohan.) Kalokohan ito. Sa pagtalakay sa mga kuwago, medyo nauunawaan na ba ninyo kung ano ang mga pamantayan, at kung saan nakabatay ang mga ito? (Nakabatay ang mga ito sa mga salita ng Diyos.) Tama, nakabatay ang mga ito sa mga salita ng Diyos. Kaya, paano ninyo dapat tratuhin ang mga kuwago

sa hinaharap? Kung, isang gabi, may umiiyak na isang kuwago sa tabi ng iyong bintana, paano mo ito haharapin? Kahit papaano, alam nating may karapatan itong umiyak, at dapat nating pahintulutan ang karapatang iyon. Kung masyado itong maingay, maaari mo itong itaboy, subalit hindi kailangang mag-alala kung makatatagpo ka ng kamalasan sa susunod na araw. Walang silbing isipin ito, dahil ang kapalaran, buhay, at kamatayan ng tao ay lahat nasa kamay ng Diyos at nasa ilalim ng Kanyang kataas-taasang kapangyarihan. Hindi nauunawaan ng mga tao ang katotohanan, kaya madali silang kumikiling sa mga bagay-bagay, at maaaring magkaroon pa nga ng mga imahinasyon at kuru-kuro, o maging medyo mapamahiin. Humahantong ito sa pagkakaroon ng mga tao ng mga maling pananaw sa maraming bagay, at sa pagkabigong kumilos nang naaayon sa mga katotohanang prinsipyo o matugunan ang pamantayan para sa sariling asal, mga kilos, at pagsamba ng tao sa Diyos sa lahat ng bagay. Ano ang dahilan nito? (Ang hindi pagkaunawa sa katotohanan.) Dulot ito ng hindi pagkaunawa sa katotohanan.

Kapag nakikipag-ugnayan ang ilang taga-Silangan sa mga Kanluranin, nakikita nila ang mga natatanging katangian ng mga ito—ang matataas na tulay ng kanilang ilong, ang malalaki nilang mga mata, ang sari-saring kulay ng kanilang buhok, at kung gaano ka-elegante silang lahat tingnan—at walang kamalay-malay na nakararamdam ng inggit o paghanga sa kanila. Pagkatapos, sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na ugnayan, patuloy nilang tinatanggap ang kulturang Kanluranin. Bakit nagagawa nila itong tanggapin? Dahil sa inggit sa kanilang puso, at sa kanilang pagnanais na maging katulad nila. Iniisip nilang ang mga hitsura ay inorden ng Diyos at hindi mababago, subalit magiging marangal sila kung matatapatan nila ang mga Kanluraning paraan ng pamumuhay, tulad ng kung paano sila kumain, manamit, at ang paraan ng paggamit nila ng mga bagay-bagay, gayundin ang kanilang paraan ng pananalita, paraan ng pag-iisip, at kultura. Ano ang palagay mo sa ganitong uri ng ideya? Tinataglay ba ito ng lahat? (Oo, tinataglay nila.) Gustong gayahin ng ilang taga-Silangan ang mga Kanluranin, at ang unang ginagaya nila ay ang pag-inom ng kape. Pakiramdam nila ay masyadong hindi sopistikado ang pag-inom ng mga taga-Silangan ng tsaa, kaya pinag-aaralan nilang uminom ng kape mula sa mga Kanluranin. Sa partikular, nakikita ng ilang taga-Silangan ang maraming Kanluranin na nagmamadaling pumunta sa kanilang trabaho tuwing umaga, tangan ang kanilang tasa ng kape, at sa paglipas ng panahon ay natututuhan din nila itong gawin, minsan kahit na hindi sila talagang abala. Panggagaya ang tawag dito. Wala talagang ganitong kagawian ang mga taga-Silangan, subalit iniisip nilang mabuti, matayog, at elegante ang mga kaugalian ng mga Kanluranin. Naniniwala sila na, kung wala sila ng kagawiang ito, dapat nila itong matutuhan at gayahin, at kung matutuhan na nila ito, at mamumuhay nang naaayon sa kagawiang ito, iniisip nilang tiyak na makasasali sila sa hanay ng mga Kanluranin at magiging isa sa kanila. Isa itong uri ng pagsamba sa mga Kanluranin. Kung talagang gusto mo ang isang bagay, pag-aralan mo lang ito, subalit kung pinag-aaralan mo lang ang ganitong uri ng kagawian bilang isang pakitang-tao para magpasikat sa iba, panggagaya iyon. Kung hindi nauunawaan ng isang tao ang katotohanan, wala siyang

magiging pamantayan sa anumang ginagawa niya, at magiging parang langaw siyang walang ulo, na walang layon at direksiyon. Kapag nakakakita sila ng mga Kanluranin, pag-aaralan nila kung paano kumilos ang mga Kanluranin; kapag nakikita nila kung anong uso sa mundo, pag-aaralan nila iyon. Ganito ang mga walang pananampalataya, at kung sinumang nananampalataya sa Diyos ang gumawa ng katulad na bagay, anong klaseng tao sila? (Mga hindi mananampalataya.) Tama iyon. Mayroon ba silang anumang pamantayan o prinsipyo kapag gumagawa ng mga bagay? (Wala, wala sila noon.) Wala silang mga prinsipyo. Bakit? Dahil sinasamba nila ang mga makamundong uso at kabuktutan; hindi nila hinahangaan ang Diyos, hindi nila minamahal ang katotohanan sa kanilang puso, at hindi nila tinatanggap at hinahanap ang katotohanan. Pawang mga hindi mananampalataya ang gayong mga tao. Dahil ang ganitong uri ng tao ay may ganitong mga diwa, kahit pa nasa iglesia sila na nagbabasa ng mga salita ng Diyos at nakikinig sa mga sermon, hindi pa rin nila magagawang matagpuan ang pamantayan para sa sariling asal, mga kilos, at pagsamba ng tao sa Diyos. Ipinahihiwatig nito na hindi nila kailanman makakamit ang katotohanan. Hindi ba't tama iyon? (Oo, tama nga.) Ang panggagaya sa iba sa pag-inom ng kape ay makapagbubunyag ng mga kagustuhan ng isang tao, ang landas na kanyang tinatahak, at ang mga prinsipyo ng kanyang mga pagkilos. Sabihin mo sa Akin, ang pag-inom ba ng tsaa ang katotohanan, o ang pag-inom ba ng kape ang katotohanan? (Wala sa alinman ang nauugnay sa katotohanan.) Mahusay na pagkakasabi. Kaya, ano ang katotohanan? Sinasabi ng ilang tao na: "Ang lahat ng nagmumula sa Diyos ay ang katotohanan. Ang mga salita ng Diyos na nagsasabing mabuti para sa iyo na kumain ng mga pana-panahong bagay ay ang katotohanan." Tama ito. Ang katotohanan ang pamantayan para sa sariling asal, mga kilos, at pagsamba ng tao sa Diyos. Kaya, ano ang kabilang sa pamantayan para sa sariling asal? May kinalaman ito sa bawat aspekto ng katotohanan tungkol sa sariling asal. Paano naman ang pamantayan para sa mga kilos? Ito ang estilo at pamamaraan ng pangangasiwa mo sa mga bagay-bagay. Hindi na kailangang sabihin, alam nating lahat ang pamantayan sa pagsamba sa Diyos. Ang saklaw ng pamantayang ito ay tumutukoy sa mga bagay na ito, at lahat ng mga ito ay may kinalaman sa katotohanan. Ipagpalagay na sinasabi ng isang tao na, "Bakit ayaw mo ng tsaa?" At sinasabi mong, "Ang hindi ko ba pagkagusto sa tsaa ay hindi kaayon sa katotohanan?" Sinasabi ng isa pang tao na: "Nasa Kanluran ka, kaya bakit hindi ka natutong uminom ng kape? Napakawalangpanlasa nito, ang hindi pag-inom ng kape!" At sinasabi mo na, "Sinusubukan mo ba akong kondenahin? Kasalanan ba ang hindi uminom ng kape? Katotohanan ba ang 'panlasa'? Ano ang halaga ng panlasa?" Ganap itong walang halaga, tama? Ang hindi pagkaunawa sa katotohanan ang talagang walang halaga! Ano ang dapat maunawaan ng mga tao mula sa halimbawang ito? Dapat nilang maunawaan kung anong mga pananaw ang dapat nilang taglayin sa mga tao, pangyayari, at bagay-bagay na ito, at kung paano haharapin ang mga ito ayon sa hinihingi ng Diyos, para matugunan ang Kanyang mga hinihinging pamantayan. Ano ang dapat maunawaan at hanapin ng mga tao

mula sa lahat ng ito? Ang pamantayan na dapat nilang sundin para harapin ang lahat ng uri ng bagay.

Sa palagay ninyo ba na ang isang tradisyonal na kultura o isang pambansang damdamin ay maaaring maging karapat-dapat para sa terminong “pamantayan”? (Hindi.) Halimbawa, “Ang pagiging tao ay nangangahulugang dapat mong mahalin ang iyong bansa”—isa ba itong pamantayan? (Hindi, hindi ito.) “Ang pagiging tao ay nangangahulugang dapat kang maging mabuting anak sa iyong mga magulang”—isa ba itong pamantayan? (Hindi, hindi ito.) Sinasabi rin ng ilan, “Ang mga babae ay dapat na maalaga,” o “Ang mga babae ay dapat na sumunod sa Tatlong Pagsunod at Apat na Birtud,” pero mga pamantayan ba ang mga ito? (Hindi, hindi mga pamantayan ang mga ito.) “Ang lalaki ay maaari lang magkaroon ng isang asawa, at dapat maging tapat”—isa ba itong pamantayan? Kalipikado ba ito bilang katotohanan? (Hindi, hindi ito kalipikado.) Isa itong tamang pag-uugali at moral, at ang pinakapangunahin at pundamental na bagay sa pagkatao, subalit hindi ito nakakaabot sa katotohanan. Naaayon ito sa moral at pamantayan sa pag-uugali ng normal na pagkatao, subalit maaari ba itong ituring na pamantayan? Ano ang tinutukoy ng pamantayan? (Ang katotohanan.) Tumutukoy ang pamantayan sa katotohanan, at anumang hindi nakakaabot sa katotohanan samakatwid ay hindi ang pamantayan. Nakikita mo ba? Ang mga hinihingi ba ng mga lalaki at babae sa tradisyonal na kultura na kababanggit Ko lang ay ang mga hinihingi ng Diyos? (Hindi.) Kung gayon, ano ang hinihingi ng Diyos sa mga lalaki? Ano ang sinasabi sa Bibliya? (Na magtrabaho sila at magsikap para suportahan ang kanilang mga pamilya.) Ito ang hinihingi ng Diyos sa mga lalaki, at ito ang pinakapangunahing bagay na dapat magawa ng isang lalaki. Paano naman ang tuntunin ng Diyos para sa mga babae? (Na ang pagnanais nila ay sa kanilang mga asawa.) Dahil ito ang sinasabi ng mga salita ng Diyos, ito ang katotohanan, at ito ang dapat sundin ng mga tao. Anumang nagmumula sa tradisyonal na kultura o mga moral na kasulatan ng tao, tama man ito, ay hindi ang katotohanan. Bakit Ko sinasabing hindi ito ang katotohanan? (Dahil hindi ito sinabi ng Diyos.) Ang hindi sinasabi ng Diyos ay tiyak na hindi ang katotohanan, o hindi rin ang walang kinalaman sa mga hinihingi ng mga salita ng Diyos. Ano ang mga pamantayan ng mga taga-Silangan sa pagtukoy sa mga babae? Naniniwala silang ang mabubuting babae ay dapat na unang-una ay mayumi at maalaga, may pinag-aralan at pino, kagiliw-giliw at maliit, at na pagkatapos ng kasal, dapat nilang alagaan ang lahat ng iba pa sa pamilya, bata at matanda, nang walang reklamo. Mga kuskusan lang sila ng paa. Ito ang imahe ng mga babae na nilikha ng mga taga-Silangan; ito ang mga hinihinging pamantayan na mayroon sila para sa mga babae. Tingnan naman natin ngayon kung ano ang mga hinihinging pamantayan ng mga Kanluranin para sa mga babae, ibig sabihin, kung ano ang itinuturo at itinataguyod nila sa pamamagitan ng kanilang mga kaisipan at pananaw. Naniniwala ang mga Kanluranin na ang mga babae ay dapat maging independiyente, malaya, at pantay-pantay—ito pangunahin ang mga karapatang pangkababaihan na itinataguyod ng Kanluran. May pundamental na depinisyon at

hinihingi ang mga karapatang ito para sa mga babae, ibig sabihin, nagpapakita ang mga ito ng isang pangunahing konsepto para sa pamumuhay at hitsura ng isang babae. Ano ang konseptong ito? Na ang mga babae ay hindi dapat tulad ng mga kuskusan ng paa na maging sunud-sunuran, kaawa-awa, at maayos kumilos sa buong araw. Iniisip nilang masama ito, at na ang mga babae ay dapat na malakas at matapang. Ito ay mga hinihinging pamantayan para sa mga babae sa puso ng mga Kanluranin. Naniniwala silang ang mga babae ay hindi kailangang maging tulad ng mga papet, mababang-loob na nagpapasakop sa paghihirap sa araw-araw, naghihintay sa iba na pagalitan o utusan sila. Iniisip nilang hindi ito kailangan. Itinataguyod ng mga Kanluranin na maging maagap, independiyente, at matapang sa kanilang mga pagkilos ang mga babae. Siyempre, ang nauunawaan natin ay maaaring hindi lubos na tugma sa kanilang pag-iisip, subalit ito ang karaniwang pangunahing pagkakaiba sa pagitan ng mga babae sa Silangan at sa Kanluran. Alin sa dalawang pananaw na ito ang tama? (Walang alinman ang tama.) Sa totoo lang, hindi ito tungkol sa tama at mali. Sa ilalim ng isang kalagayang panlipunan sa Silangan, sa loob ng gayong komunidad, kailangan mong mamuhay nang ganoon. Kaya mo bang maghimagsik kung gusto mo? Sa isang pamilya, may panganib ng kamatayan kung maghihimagsik ka. Sa Kanluran, maaari kang mamuhay gaya ng ginagawa ng isang Kanluraning babae, subalit paano ka man nabubuhay, sa ilalim ng alinmang kalagayang panlipunan o sa alinmang komunidad, aling pananaw ang naaayon sa katotohanan? (Walang alinman sa mga ito ang naaayon sa katotohanan.) Walang alinmang pananaw ang naaayon sa katotohanan, pareho nilang nilalabag ito. Bakit Ko sinasabi ito? Gusto ng mga taga-Silangan na palaging maging maayos ang pag-uugali ng mga babae, para katawanin ang Tatlong Pagsunod at Apat na Birtud, na maging maalaga at mayumi—para sa anong layunin? Para madali silang makontrol. Ito ay isang nakakapinsalang ideolohiya na lumago mula sa tradisyonal na kultura ng Silangan, at talagang nakakasama ito sa mga tao, na sa huli ay nagdudulot sa mga babae na mamuhay nang walang direksiyon o mga sariling ideya. Hindi alam ng mga babaeng ito kung ano ang dapat nilang gawin, kung paano ito gagawin, o kung anong mga pagkilos ang tama o mali. Iniaalay pa nga nila ang kanilang buhay sa kanilang mga pamilya, subalit pakiramdam pa rin nila ay hindi sapat ang kanilang nagawa. Hindi ba't ito ay isang uri ng pinsala sa mga babae? (Oo, ito nga.) Hindi man lang sila lumalaban kapag inaalas ang kanilang mga sariling karapatan, ang mga karapatang dapat nilang tinatamasa. Bakit hindi sila lumalaban? Sinasabi nilang: "Mali ang lumaban, hindi ito mabuti. Tingnan mo si ganito-at-ganyan, higit na mas mahusay sila kaysa sa akin at nagdusa nang mas higit pa, subalit hindi sila nagrereklamo." Bakit sila mag-iisip nang ganito? (Naimpluwensiyahan sila ng tradisyonal na kultural na pag-iisip.) Itong tradisyonal na kulturang ito ang nag-ugat nang malalim sa kalooban nila, at nagdulot sa kanila ng matinding pagdurusa. Paano nila nagagawang matiis ang ganitong uri ng pagdurusa? Alam na alam nilang masakit ang ganitong uri ng pagdurusa, na nagdudulot ito sa kanila ng pakiramdam ng walang magawa at nagpapasakit sa kanilang puso, kaya paano pa rin nila ito natatanggap? Ano ang obhetibong dahilan? Na

ito ang kanilang kalagayang panlipunan, kaya hindi sila makalaya, kundi mababang-loob lang na tinatanggap ito. Ganito rin ang subhetibo nilang nararamdaman. Hindi nila nauunawaan ang katotohanan, o kung paano dapat mabuhay nang may dignidad ang mga babae, o ang tamang paraan ng pamumuhay ng mga babae. Walang nagsabi sa kanila ng mga ganitong bagay. Sa pagkakaalam nila, ano ang pamantayan para sa sariling asal at mga kilos ng mga babae? Tradisyonal na kultura. Iniisip nilang kung ano ang ipinamana sa mga henerasyon ay tama, at na kung may lumalabag dito, dapat na kondenahin ang kanilang konsensiya. Ito ang kanilang “pamantayan.” Subalit tama ba talaga ang pamantayang ito? Dapat bang ilagay ito sa mga panipi? (Oo, dapat.) Hindi naaayon ang pamantayang ito sa katotohanan. Gaano man ka-aprubado o pinapaboran ang pag-uugali ng isang tao sa ilalim ng pagkontrol ng ganitong uri ng pag-iisip at pananaw, isa ba talaga itong pamantayan? Hindi, dahil labag ito sa katotohanan at pagkatao. Sa loob ng mahabang panahon, kinailangang alagaan ng mga babae sa Silangan ang buo nilang pamilya, at naging responsable sila sa lahat ng maliit na walang kuwentang usapin. Patas ba ito? (Hindi, hindi ito patas.) Kung gayon paano nila ito natitiis? Dahil nakatali sila sa ganitong uri ng pag-iisip at pananaw. Ang kakayahan nilang tiisin ito ay nagpapahiwatig na, sa kaibuturan, 80% silang sigurado na ito ang tamang bagay na gawin, at na kung magtitiis lang sila, matutugunan nila ang mga pamantayan ng tradisyonal na kultura. Kaya, tumatakbo sila patungo sa direksiyon na iyon, patungo sa mga pamantayang iyon. Kung, sa kaibuturan nila, naisip nilang mali ito at hindi nila ito dapat gawin, na hindi ito naaayon sa pagkatao, at na lumabag ito sa pagkatao at sa katotohanan, magagawa pa rin ba nila ito? (Hindi, hindi nila magagawa.) Kailangan nilang mag-isip ng paraan para makalayo sa mga taong iyon, at na hindi maging mga alipin nila. Subalit hindi mangangahas ang karamihan ng kababaihan na gawin ito—ano ang iniisip nila? Na kaya nilang mabuhay nang wala ang kanilang komunidad, subalit magdadala sila ng kakila-kilabot na stigma kung aalis sila, at magdurusa ng ilang partikular na kahihinatnan. Pagkatapos timbangin ito, iniisip nila na kung gagawin nila ito, pagtsitsismisan ng kanilang mga kasamahan ang tungkol sa kung paanong hindi sila marangal, kokondenahin sila ng lipunan sa ilang partikular na paraan at magkakaroon ng ilang partikular na opinyon tungkol sa kanila, at ang lahat ng ito ay magdudulot ng mga seryosong kahihinatnan. Sa huli, pinagninilayan nila ito at iniisip, “Mas mabuting pagtiisan na lang ito. Kung hindi, dudurugin ako ng bigat ng pagkondena!” Ganito ang mga babaeng taga-Silangan, sa bawat henerasyon. Ano ang kinakailangan nilang tiisin sa likod ng lahat ng mabuting gawang ito? Ang pagkakait ng kanilang dignidad at karapatan bilang tao. Naaayon ba sa katotohanan ang mga kaisipan at pananaw na ito? (Hindi, hindi naaayon ang mga ito.) Hindi naaayon sa katotohanan ang mga ito. Pinagkaitan sila ng kanilang dignidad at karapatang pantao, at nawala ang kanilang integridad, ang kanilang independiyenteng pamumuhay at mga espasyo para sa pag-iisip, at ang kanilang mga karapatang magsalita at ipahayag ang mga sarili nilang pagnanais—lahat ng ginagawa nila ay para sa mga taong iyon sa tahanan. Ano ang

layunin nila sa paggawa nito? Para matugunan ang mga pamantayang hinihingi ng tradisyonal na kultura sa mga babae, at para purihin sila ng ibang tao, tinatawag silang mabubuting asawa at mabubuting tao. Hindi ba't isa itong uri ng pagpapahirap? (Oo, isa itong uri.) Tama ba o baluktot ang paraang ito ng pag-iisip? (Baluktot ito.) Naaayon ba ito sa katotohanan? (Hindi, hindi ito naaayon.) Nilikha ng Diyos ang malayang kalooban para sa sangkatauhan, at ano ang mga kaisipang nagmumula sa malayang kaloobang ito? Naaayon ba ang mga ito sa pagkatao? Dapat kahit papaano ay naaayon ang mga kaisipang ito sa pagkatao. Bukod dito, nilayon din Niyang magkaroon ang mga tao ng tumpak na pananaw at pang-unawa sa lahat ng tao, pangyayari, at bagay sa takbo ng kanilang buhay, at pagkatapos ay makapili ng tamang landas para mabuhay at sumamba sa Diyos. Ang pamumuhay sa ganitong paraan ay ibinigay ng Diyos at dapat na tamasahin. Gayumpaman, ang mga tao ay pinaghihigpitan, ginagapos, at binabaluktot ng mga tinatawag na tradisyonal na kultura at moral na mga kasulatang ito sa kanilang buong buhay, at sa huli ay nagiging ano sila? Nagiging mga papet sila ng tradisyonal na kultura. Hindi ba't dulot ito ng hindi pagkaunawa ng mga tao sa katotohanan? (Oo, ganoon nga.) Pipiliin ninyo bang tahakin ang landas na ito sa hinaharap? (Hindi, hindi ko pipiliin.) Kaya, ano ang dapat mong gawin? Ipagpalagay na sinasabi mo, "Lalabanan ko sila," o "Hindi ko na sila paglilingkuran. May mga karapatang pantao ako, at may sarili akong integridad." Ayos ba ito? (Hindi, hindi ito ayos.) Hindi ito ayos. Pagpunta ito mula sa isang sukdulan tungo sa isa pa, at hindi ito nagpapatotoo o nagluluwalhati sa Diyos. Kaya, paano ka dapat kumilos? (Nang naaayon sa mga prinsipyo.) Siyempre tamang kumilos nang naaayon sa mga prinsipyo, at dapat mong tratuhin ang lahat nang naaayon sa mga prinsipyo, tratuhin sila bilang mga kapatid kung nananampalataya sila sa Diyos, at bilang mga walang pananampalataya kung hindi sila nananampalataya. Walang dahilan para sirain mo ang iyong sarili, baluktutin ang iyong integridad, o isuko ang iyong dignidad at mga karapatan sa pamamagitan ng pag-aalay ng iyong buhay para sa kanila. Hindi sila karapat-dapat para dito. May Isa lang sa mundong ito na karapat-dapat na paggugulan mo ng iyong buhay. Sino ito? (Ang Diyos.) Bakit? Dahil ang Diyos ang katotohanan, at ang Kanyang mga salita ang pamantayan para sa pag-iral, sariling asal, at mga kilos ng tao. Hangga't mayroon kang Diyos, at mga salita ng Diyos, hindi ka lilihis, at magiging tumpak ka sa kung paano ka aasal at kikilos. Ito ang pangwakas na epekto na naisasakatuparan ng mga salita ng Diyos sa isang tao pagkatapos silang mailigtas.

"Ano ang Katotohanan?" ay isang masyadong malawak na paksa. Nagbigay lang tayo ng ilang halimbawa, isa rito ay kung paano tatratuhin ang mga kuwago. Ano pang ibang halimbawa ang naroon? (Ang mga taga-Silangan na gumagaya sa mga Kanluranin sa pag-inom ng kape.) (Ang mga hinihinging pamantayan ng mga taga-Silangan at Kanluranin sa mga babae.) Ito ang mga pinakahalatang halimbawa. Kaya, sa pagitan ng mga pananaw ng mga taga-Silangan at Kanluranin sa iba't ibang bagay, alin ang pamantayan? (Walang alinman.) Walang alinman sa dalawa ang may kinalaman sa katotohanan, pareho silang mga pananaw at opinyon ng mga tao. Sa mas tiyak, parehong mga maling pananaw at

maling paniniwala ang mga ito. Hindi mga pamantayan ang mga ito, mga estratehiya, teorya, at pilosopiya ito ni Satanas na pumipinsala sa mga tao. Mas nauunawaan mo na ba ang bagay na ito, pagkatapos Ko magbahagi dito nang gaya nito? (Oo, mas nauunawaan namin.) Kung hindi Ako nagsalita tungkol dito, siguro isang araw naisip ninyong subukang gayahin ang mga Kanluranin sa pamamagitan ng pag-inom ng kape at pagkain ng hamburger, tularan sila. Naaayon ba iyon sa mga prinsipyo? Kahit kumain ka pa ng Kanluraning pagkain araw-araw, walang silbi ang lahat ng ito kung hindi mo hahangarin ang katotohanan, hindi ka pa rin magkakaroon ng pamantayan kung paano aasal. Ang susi ay kung kaya mong hanapin ang katotohanan at kumilos nang naaayon sa mga prinsipyo—ito ay kapaki-pakinabang sa iyo. Sa pamamagitan ng pagbabahagi Ko nang gaya nito, nagkaroon ba kayo ng kaunting pagkaunawa sa katotohanan at mga pamantayan? (Oo, nagkaroon kami.) May katotohanan ba sa loob ng tradisyonal na kultura o sa mga pamantayang moral ng mga tao? (Wala, walang katotohanan.) May katotohanan ba sa mga moral na kasulatan? (Wala, walang katotohanan.) Makatitiyak ka na ba ngayon na ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan? (Oo, makatitiyak na kami.) Pagkatapos kumpirmahin ang Kanyang mga salita bilang katotohanan, kailangan mong isaalang-alang: Ano ang mga salita ng Diyos? Ano ang mga prinsipyong kinakailangan sa Kanyang mga salita? Ano ang mga pamantayang sinabi Niya sa tao? Paano sila eksaktong dapat kumilos para umayon sa mga salita ng Diyos, at ano ang mga tamang prinsipyo sa paggawa nito? Ito ang dapat mong hanapin, subalit sa ngayon, iyan lang muna sa paksang ito.

Karagdagang Babasahin

Isang Araw sa Buhay ni Xiaoja

Tumungo tayo sa susunod na paksa. Ano ba dapat ito? Dapat sigurong magkuwento Ako. Tinatalakay din ng mga kuwento ang katotohanan, at ang pamantayan para sa sariling asal, mga kilos, at pagsamba ng tao sa Diyos. Pakinggan kung ano ang kaugnayan ng kuwentong ito sa katotohanan, at sa pamantayan para sa pag-uugali ng tao. Tinatalakay nito ang isang araw sa buhay ni Xiaoja. Si Xiaoja ang ating bida, at mga gaano katagal nangyayari ang kuwento? (Isang araw.) Isang araw. Maaaring sabihin ng ilang tao na, “May saysay ba talagang ikuwento ang mga pangyayari sa isang araw?” Eh, depende sa kung ano ang sasabihin mo. Kung puro tsismis lang lahat ito at tama at mali, walang saysay na ikuwento ito. Subalit kung tinatalakay nito ang katotohanan, hindi bale na ang isang araw—kahit pa ang mga pangyayari sa isang minuto ay may saysay na ikuwento, tama ba? (Tama iyan.)

Si Xiaoja ay isang taong sobrang marubdob ang damdamin sa mga paghahangad at masigasig sa paggawa ng kanyang tungkulin, at ang kanyang kuwento ay nagsisimula isang umagang-umaga pagkagising palang niya. Pagkatapos bumangon, magbasa ng salita ng Diyos, at magsagawa ng kanyang mga debosyon, nagtungo si Xiaoja para sa

almusal at kumuha ng isang mangkok ng lugaw at ilang gulay. Pagkatapos ay nakakita siya ng ilang itlog, at naisip na: “Dapat akong kumuha ng dalawa. Sapat na nutrisyon ang dalawang itlog sa isang araw.” Subalit nang aabutin na niya ay nag-alinlangan siya, “Kukuha ba ako ng dalawa o isa? Magiging masama kung makikita ako ng iba na kumukuha ng dalawa. Masyadong gahaman ito, at iisipin ng iba na masiba ako. Mas mabuting kumuha lang ng isa.” Binawi niya ang kamay niya bago muling umabot at kumuha ng isang itlog. Maya-maya, may lumapit na ibang tao para kumuha ng isang itlog, at habang ginagawa niya iyon ay bumilis ang pintig ng puso ni Xiaoja. Naisip niya na: “Sa totoo lang, pinakamabuting hindi kumain ng mga itlog. May lugaw at mga gulay ako, pati na rin ilang siopao, at sapat na iyon para sa almusal. Hindi ako dapat maging masyadong gahaman. At bakit ko pa gugustuhing kumain ng mga itlog? Napakasama kung makikita ng iba. Hindi ba’t iyon ay pagpapakasasa sa kaginhawahan? Hindi ako kakain kahit isa.” Sa pag-iisip nang ganoon, ibinalik ni Xiaoja ang itlog at, pagkatapos ubusin ang kanyang almusal makalipas ang ilang minuto, nagsimula siyang gawin ang kanyang tungkulin. Naging abala siya sa mga kasalukuyan niyang gawain, isa-isa tinatapos ang mga ito. Mabilis na lumilipas ang oras, at sa isang kisap-mata ay oras na para sa tanghalian. Umalis ang lahat ng iba pa para kumain, subalit tumingin si Xiaoja sa kanyang relo at nakitang alas-dose kuwarenta iyon ng tanghali. “Sandali lang. Hindi ako dapat magmadaling kumain kapag nagmamadali ang lahat ng iba pa. Kung magmamadali ako kasama ng iba pa, hindi ba’t magiging katulad ko lang din sila, at magmumukhang masiba? Maghihintay lang ako nang ilang saglit pa.” Ipinagpatuloy niya ang kanyang ginagawa, subalit binigo siya ng kanyang tiyan at nagsimula itong kumalam. Napahawak siya sa kanyang tiyan at lumilipad ang isip na tumingin sa kompyuter, iniisip: “Nagugutom ako! Ano ang pananghalian ngayon? May kaunting karne kaya? Napakabuti sana kung makakakain ako ng kaunting karne!” Patuloy na kumalam ang kanyang tiyan habang nag-iisip siya, at sa pamamagitan lang ng matinding paghihirap na nagawa niyang makapaghintay hanggang makabalik na ang lahat ng iba pa mula sa tanghalian. May isang nagsabi na: “Bakit hindi ka nananghalian? Bilisan mo na at pumunta ka na, lumalamig na ang pagkain.” Sinabi ni Xiaoja na, “Walang problema. Hindi ko pa natatapos ang ginagawa ko. Kakain ako pagkatapos ko.” “Hindi ba’t mas mabuting ipagpatuloy ang pagtatrabaho pagkatapos mong kumain?” “Ayos lang. Malapit na akong matapos.” Kaya, tiniis ni Xiaoja ang kanyang gutom at nagpatuloy sa kanyang gawain. Sa katunayan, gutom na gutom na siya ngayon, at walang anumang gana na magpatuloy sa pagtatrabaho, subalit tiniis pa rin niya ang kanyang gutom at ipinagpatuloy ang kanyang pagkukunwari. Pagkaraan ng ilang sandali ay muli siyang tumingin sa kanyang relo, nakitang ala-una y media na ng hapon, at naisip na: “Ayos na ito. Dapat na siguro akong mananghalian ngayon.” Nang tatayo na sana siya para kumain, dinalhan siya ng isang trey ng pagkain ng isang kapatid na babae at sinabing: “Anong oras na! Bakit hindi ka pa nananghalian? Kahit gaano ka kaabala, kailangan mo pa ring kumain, at magkakaroon ka ng mga problema sa tiyan kung hindi ka kakain sa oras.” Sumagot siya:

“Aayos lang. Kakain ako pagkatapos ko.” “Hindi na kailangan. Dinala ko na ang pagkain mo sa iyo, kaya bilisan mo na at kumain.” “Bakit kailangang magmadali? Ni hindi pa nga ako nagugutom.” Pagkasabi pa lang niyang hindi pa siya nagugutom, kumalam nang parang kulog ang kanyang tiyan. Hinawakan ni Xiaoja ang kanyang tiyan, nahihiyang ngumiti, at sinabi sa kapatid na babae: “Huwag ka nang mag-abalang dalhan uli ako ng pagkain.” “Pero kung hindi ko gagawin, lalamig lang ang pagkain at kailangan pang initin muli. Ininit na ito ng isang beses.” “Kung gayon, salamat!” Naglalaway na kinuha ni Xiaoja ang kanyang pagkain mula sa kapatid na babae. Sobrang saya niya pagkasulyap sa trey: dalawang siopao, mga gulay, karne, at sabaw. Napaisip muli si Xiaoja nang makita ang mga siopao, at sinabi sa kapatid na babae: “Hindi ko kayang kumain ng dalawang siopao. Masyado akong abala nitong mga araw na ito, hindi makatulog nang maayos, at walang masyadong ganang kumain. Hindi ba’t sayang kung bibigyan mo ako ng dalawang siopao? Kunin mo ang isa.” “Aayos lang. Puwede mo itong ibalik kung hindi mo talaga ito kayang ubusin,” sagot ng kapatid na babae bago umalis. Naisip ni Xiaoja sa kanyang sarili: “Bilisan mong umalis. Nagugutom na ako.” Kinuha niya ang mangkok, nakitang walang tao sa paligid subalit medyo nahihiya pa rin, at maingat na humigop. Pagkatapos ay tiningnan niya ang karne, “Aba! Malayo pa lang ay naamoy ko na ang nilagang baboy. Pero hindi ko ito puwedeng kainin agad, dahil kailangan ko munang kainin ang mga gulay ko. Mas kaunting karne ang makakain ko kung magpapakabusog ako sa gulay, kung hindi ay mauubos ko ang kalahating mangkok ng karne, at hindi ba’t nakakahiya iyon?” Saglit siyang nag-isip bago ginawa iyon. Kinain niya ang mga siopao at gulay, at hinigop ang kanyang sabaw. Habang kumakain siya, pakiramdam niya ay gusto niyang kumain ng kaunting karne kaya kumuha siya ng isang piraso ng nilagang baboy. Inilapit niya ito sa kanyang bibig, ipinikit ang kanyang mga mata, at maingat itong nilasap, “Napakasarap! Masarap talaga ang karne, pero hindi ako dapat kumain nang marami. Sapat na ang isang subo, pagkatapos ay maraming gulay at maraming sabaw.” Patuloy niyang kinain ang mga siopao, subalit patuloy na nakatitig sa karne habang kumakain ng mga gulay, “Dapat ko bang kainin itong karne? Napakasarap nito, sayang naman kung hindi ko ito kakainin.” Nagsimula na naman siyang maglaway, at inisip niya na “Alam ko na! Pipira-pirasuhin ko ang mga siopao at isasawsaw sa sabaw. Hindi ba’t katulad lang iyon ng pagkain ng karne? Sa ganitong paraan, makikita ng iba na hindi ako kumakain ng karne, pero makukuha ko pa rin ang lahat ng lasa ng karne. Napakahusay niyon!” Taglay ang kaisipang ito, nilagay niya ang kaunting siopao sa sabaw bago ito kunin at kainin, natuklasang masarap ito at halos katulad ng karne. Pagkatapos ay dali-daling pinira-piraso ni Xiaoja ang buong siopao at inilagay sa sabaw.... Wala pang sampung minuto, naubos na niya itong lahat, gayundin ay naubos niya ang kanyang sabaw. Isang siopao lang ang kanyang kinain, tiniis ang kanyang pagnanais na kainin ang isa pa at pinigilan ang kanyang sarili. Pagkatapos maubos ang lahat ng pagkain gaya ng pinlano, medyo nabusog na si Xiaoja, at sa tingin niya ay hindi na niya kailangan ng iba pa. Pagkatapos ay naisip niya: “Naku, hindi talaga angkop na kumain nang napakabilis, na

parang nagugutom ako. Sobrang gutom talaga ako, pero hindi magandang makita ako ng mga tao nang ganoon. Kailangan kong kumain nang mabagal. Pero ano ang magagawa ko ngayong tapos na ako? Buweno, may ideya ako. Ibabalik ko ito pagkatapos ng sampung minuto.” Hinawakan niya ang kanyang relo at tinitigan ito, “Limang minuto ... sampu ... labinglima ... Ayos, alas-dos. Magaling, ibabalik ko na ito!” Masaya niyang ibinalik ang natitirang nilagang baboy at siopao.

Pagkalipas ng alas-dos ng hapon nang bumalik si Xiaojia. Nagpahinga na ang kanyang mga kapatid para sa kanilang panghapon na pahinga, at wala siyang anumang kailangang gawin, kaya nainip talaga siya. Naisip niya na: “Umidlip din kaya ako? Palaging mabuti ang umidlip pagkatapos kumain. Pero hindi, kung matutulog ako habang natutulog din ang lahat ng iba pa, magiging ano ako? Hindi ako puwedeng matulog. Kailangan kong magpigil. Pero paano manatiling gising? Hindi ko magagawang matulog habang nakatayo, pero kung palagi akong nakatayo magugulat sa akin ang ibang tao kung bigla siyang papasok. Hindi, hindi ako puwedeng tumayo. Uupo na lang ako sa harap ng aking kompyuter. Kung may makakakita sa akin, iisipin lang nilang nagtatrabaho ako, pero nagpapahinga talaga ako. Magandang diskarte.” Kaya umupo siya nang natural sa harap ng kompyuter, blangkong nakatitig dito, subalit sa loob ng limang minuto ay nakatulog siya at naghihilik sa keyboard. Makalipas ang apatnapung minuto, biglang nagising si Xiaojia mula sa kanyang mahimbing na pagkakatulog at biglang napatayo, “Hindi ba’t nakatayo ako? Paano ako nakatulog?” Tiningnan niya ang oras, nakitang gumagabi na, at umalis para maghilamos ng kanyang mukha habang walang tao roon. Pagkakita sa sarili sa banyo, sinabi niyang “Naku, hindi! Napuno ng marka ng keyboard ang mukha ko! Hindi ako puwedeng makita nang ganito!” Dali-dali niyang pinunasan ang kanyang mukha, kinuskos at tinapik-tapik ito, at medyo matagal din siyang nasa banyo. Pagkatapos ay tumingin siya sa salamin at nakitang halos wala na ang mga marka ng keyboard, at nagalak siya sa kanyang puso: “Walang sinumang makapapansin, maliban kung pagtutuunan talaga nila ng atensiyon.” Pagkatapos nito ay sinuklay niya ang kanyang buhok at inayos ang kanyang kuwelyo, biglang napansing medyo mamantika ang kuwelyo ng kanyang mapusyaw-na-kulay na kamiseta, at sa mas malapitang inspeksiyon ay medyo marumi rin ang kanyang mga manggas. Inisip niya sa kanyang sarili, “Ilang araw na ako ngayong hindi naliligo o nagpapalit ng damit, pero may kaunting benepisyong hindi paglalaba. Hindi kailanman nakapipinsala sa sinuman ang kaunting dumi, at hindi ako nababahala sa kaunting dungis. Sabagay, hindi ba’t mas mukhang espirituwal ang pagiging medyo marungis?” Inilabas niya lang ang kuwelyo at manggas ng kanyang kamiseta at inirolyo ang manggas ng kanyang jacket, inilalantad ang lahat ng maruruming bahagi. Sobrang kuntento, pinasigla niya ang sarili at mahinahong naglakad palabas ng banyo. Pagkaraan ng ilang sandali karamihan sa mga tao ay nasa kani-kanilang mga puwesto na at nagsimulang maging abala sa gawain. Nang makita ni Xiaojia na naroon na ang lahat, sinabi niya: “Hindi kayo nakaidlip nang matagal! Kaya ninyo talagang magdusa at magbayad ng halaga! Hindi man lang ako nakaidlip, pero

ipinahinga lang ang aking mga mata nang isang minuto bago maghilamos ng aking mukha. Hindi ako magkakaroon ng anumang lakas kung hindi.” Walang sumagot. Nakaramdam siya ng sobrang pagkabagot, kaya nagtrabaho na rin siya. Dahil humigop siya ng masyadong maraming sabaw sa tanghalian, paulit-ulit niyang gustong gumamit ng banyo subalit pinigilan niya ang udyok, iniisip na: “Kung pupunta ako sa banyo, hindi ba’t iisipin ng mga taong tamad ako? Hindi iyon magandang reputasyon, kaya hindi ako dapat pumunta.” Kaya patuloy siyang nagpigil, nagtitiis hanggang may ibang tao nang pumunta sa banyo sa wakas, at nakita niya ang kanyang pagkakataon. Mabilis siyang pumila, na iniisip, “Napakagandang sumunod lang sa karamihan, dahil walang sinuman ang magsasabi ng anuman tungkol sa akin.”

Isa itong abalang hapon. Maraming ginawang trabaho si Xiaoja, nakikipagbahaginan sa taong ito, nagtatanong sa taong iyon, naghahanap ng mga mapagkukunan, at gumagawa ng lahat ng uri ng mga gawain na nauugnay sa kanyang mga tungkulin. Pagkatapos ng lahat ng kaabalahan, sa wakas ay oras na para sa hapunan. Sa pagkakataong ito ay nahuli lang nang kaunti si Xiaoja kaysa sa iba, subalit halos natapos siyang kumain sa oras. Ang panahon pagkatapos ng hapunan ang pinakamasayang oras ng araw ni Xiaoja, dahil iyon ang tanging oras na mahinahon siyang makaiinom ng isang tasa ng kape na gusto niya, nang walang anumang paninisi sa sarili o pamumuna ng iba, kundi nang may tahimik na puso. Bakit? Dahil may sapat siyang mga dahilang kung bakit kailangan niyang uminom ng kape, mga dahilang ganap na lehitimo sa paningin ng lahat. Kaya ito ang pinakamasaya niyang oras. Habang nagtitimpla siya ng kanyang kape, bumubulong siya sa kanyang sarili, “Tsk, kailangan ko na namang mag-overtime ngayon. Ni hindi ko alam kung gaano katagal. Siguro titingnan ko na lang kung gaano katagal ako magigising ng kapeng ito.” Ikinalampag niya ang bagong timplang kape sa mesa, na parang sinasabi sa lahat, “At ano? Umiinom ako ng aking kape, ano ang gagawin mo tungkol dito?” Sumulyap siya sa ibang nasa paligid niya. Walang nakatingin sa kanya, subalit walang pakialam pa rin niyang kinuha ang kanyang tasa at humigop ng kape, iniisip na: “Sinasabi ng lahat na masarap ang kape, at masarap nga ito. Iba-iba ang lasa nito araw-araw, nag-aalok ng kakaibang karanasan. Nakamamangha ito!” Masaya, buong pagmamalaki niyang hinigop ang kanyang kape, pagkatapos ay blangkong tumingin sa kanyang panggabing trabaho. Wala talaga siyang mga layunin sa isipan, at nakaramdam ng pagod pagkatapos ng isang abalang araw, subalit pinilit ang kanyang sarili na magpatuloy. Hindi siya maaaring makatulog, at hindi maaaring ipakita sa iba na siya ay pagod o may anumang pabasta-basta, iresponsable, o walang galang na saloobin sa paggawa ng kanyang gawain o ng kanyang tungkulin. Pinilit niyang pasiglahin ang sarili at umupo sa kanyang kompyuter para patuloy na magtrabaho, at natural na uminom ng kape nang paulit-ulit. Mas marami siyang ininom, mas naging alerto siya at hindi gaanong inantok. Paminsan-minsan ay sumusulyap si Xiaoja sa kanyang relo, “Lampas ala-una na, pero hindi ako makatulog dahil itinakda ko sa aking sarili na umabot ng alas-tres. Ni hindi ako maaaring matulog ng alas-dos singkwenta ng umaga, dahil paglabag

iyon sa aking pangako at wala akong paliwanag para sa Diyos. Isa itong pangakong dapat tuparin ng isang nilikha, kaya dapat ko itong tuparin. Sinabi kong matutulog ako ng alas-tres ng umaga, kaya matutulog ako ng alas-tres ng umaga, kahit kailangan ko pang uminom ng maraming kape.” Kaya, uminom siya ng kape at nilabanan ang kanyang pagod, pinipigilan at kinokontrol ang sarili niyang pag-iisip. Pagsapit ng alas-tres, may mahalagang gawain si Xiaojia na dapat gampanan, kaya’t kinuha niya ang kanyang telepono at nagpadala ng mensahe na nagsasabing: Kapatid na babaeng ganito-at-ganyan, si Xiaojia ito. May mahalagang paalala ako sa iyo na huwag kalimutang may pagtitipon tayo bukas ng alas-diyes ng umaga. Kinakailangang dumalo, at huwag kang mahuhuli. Nakapirma sa ibaba: Xiaojia. Kasabay ng paggaan ng loob pagkatapos ipadala ang mensahe, naisip din ni Xiaojia: “Isang bagay ang pagpapadala nito, pero paano kung hindi niya ito natanggap? Alam ba niyang pinadalhan ko siya ng mensahe? Hindi pa ako puwedeng matulog. Kailangan kong maghintay at makita kung sasagot siya.” Pagkatapos maghintay nang kalahating oras ay wala pa ring sagot, at naisip niyang: “Tulog ba siya? Bakit ang aga niyang natutulog? Walang silbi, tulog na agad nang alas tres.” Naghintay siya hanggang sa sumagot ang kapatid na babae nang alas-tres singkuwenta ng umaga: Hindi ko nakalimutan ang tungkol sa alas-diyes ng umaga bukas. Sana ay hindi mo rin makalimutan, at dumating ka sa oras. Binasa ito ni Xiaojia at naisip, “Ah, anong klaseng tao ito? Bakit natutulog siya nang mas huli kaysa sa akin?” Subalit hindi na niya kinaya pa ito. “Wala nang kape! Kung magkakape pa ako ay hindi na talaga ako makatutulog ngayong gabi. Kailangan ko nang matulog, dahil kailangan kong bumangon ng alas-singko y media nang umaga, alas-sais nang umaga ang pinakahuli. Hindi ako dapat mas mahuli kaysa sa iba ko pang mga kapatid, dahil dapat kong maipakita sa lahat na ako ay nagdarasal, nagbabasa ng mga salita ng Diyos, at nakikinig sa mga sermon pagkabangon nila. Kaya hindi ako dapat huling bumangon. Dahil lahat sa mensaheng ito kaya hindi ako makatulog nang maaga. Pero hindi bale, alam ng iba na huli na akong natulog. Naisakatuparan ko naman ang aking layon, at susubukan kong matulog ng alas-kuwatro bukas.” Habang sinusubukang mag-isip ni Xiaojia, hindi niya maiwasang makaramdam ng sobrang pagkalula na hindi man lang niya hinubad ang kanyang damit nang bumalik siya sa kanyang kuwarto. Bumagsak siya sa kanyang kama, kalahating tulog na, subalit pinipilit pa rin ang kanyang sariling alalahanin na: Huwag kumain ng mga itlog sa umaga, isang siopao lang para sa tanghalian, huwag kumain ng nilagang baboy, matulog ng alas-tres nang umaga, may mga mensahe pa ring kailangan ipadala.... Nag-isip nang nag-isip si Xiaojia hanggang sa tuluyan na siyang hindi kumikilos sa pagkakahiga, nakatulog sa kapaguran, kahapuan, mga pangangarap, at ilusyon. At ito ang isang araw sa buhay ni Xiaojia.

Sabihin mo sa Akin, tungkol saan ang lahat ng iyon? Hindi ba’t nakapapagod para kay Xiaojia na palaging magpanggap nang ganoon? (Oo, nakapapagod ito.) Hindi napapagod ang mga robot sa paggawa ng parehong bagay sa buong araw, dahil wala silang mga pandama at walang pang-unawa, subalit nakapapagod ito para sa mga tao.

Bakit ganoon nabuhay si Xiaoja gayong sobra siyang pagod? Bakit niya ginawa ito? May plano ba siya? (Oo, may plano siya.) Saan umiikot ang kanyang plano? (Sa pagpapakitang-gilas sa iba.) May pakinabang ba sa kanya ang pagpapakitang-gilas? (Maaari nitong pahangain ang mga tao sa kanya.) Maaari nitong pahangain ang mga tao sa kanya. Pamilyar ba sa inyo ang pamamaraan ni Xiaoja? Anong uri ng mga tao ang kumikilos nang ganoon? (Ang mga Pariseo.) Tama iyan. Ginagamit ng mga Pariseo ang mabubuting pag-uugali, at mga pag-uugali at gawi na naaayon sa mga kuru-kuro ng mga tao, at itinatanghal ang mga ito sa harap ng iba para magmukha silang mabuti at sambahin sila. Ginagamit nila ang pamamaraang ito upang makamit ang kanilang layong iligaw ang mga tao. Ano ang pangunahing kalikasan ng pagkukunwari nila nang ganito, at paggawa ng lahat ng uri ng magagandang pag-uugali para magpakitang-gilas sa ibang tao? Isa itong pagkukunwari, panlilinlang, panlilihis—may iba pa ba? (Huwad na espirituwalidad.) Gaano karaming bagay sa araw ni Xiaoja ang may kinalaman sa mga disposisyon, at karaniwan sa lahat niyong may kakayahan sa pagiging huwad? Ang pagkain ng mga itlog, siopao, nilagang baboy, at pag-inom ng kape. Mga panlabas na bagay ang lahat ng ito, subalit anong diwa ang makikita mo sa mga ito? Pagkukunwari at pagpipigil sa sarili. Anong pagkukunwari? (Ang pagkukunwari ng pagdurusa.) Tinitingnan ba ng mga tao ang pagdurusa bilang isang mabuti o masamang bagay? (Isang mabuting bagay.) Ang pagdurusa ay isang mabuting pag-uugali na lubos na hinahangaan ng lahat. Itinuturing itong ano ng mga tao? Itinuturing nila ito bilang ang pagsasagawa ng katotohanan. Kaya, hindi nag-atubili si Xiaoja na magdusa at magbayad ng halaga. Ano ang kaakibat ng kanyang pagdurusa? Ang hindi pagkain ng masasarap na pagkain, at pagpupuyat, paggising nang maaga, at pagdidisiplina sa kanyang katawan. Ano ang kalikasan ng mga ganitong uri ng pagdurusa? Pagkukunwari ang lahat ng ito. Hindi siya nagdusa para sa katotohanan o sa pagiging matuwid, kundi para sa pagpapahalaga at paghanga ng iba, at para sa isang mabuting reputasyon at katanyagan para sa kanyang sarili. Nagdusa ba siya para sa katotohanan? (Hindi, hindi siya nagdusa para sa katotohanan.) Alin sa kanyang mga pagkilos ang naaayon sa mga katotohanang prinsipyo, at isang paghihimagsik laban sa sarili at pagsasantabi ng kanyang mga personal na interes alang-alang sa katotohanan? Mayroon bang isa sa mga ito? (Wala.) Ano ang kalikasan ng kanyang pagdurusa? Ito ba ay ang pagsasagawa ng katotohanan? Pagpapamalas ba ito ng kanyang pagmamahal sa katotohanan? (Hindi, hindi ito.) Kung gayon, ano ito? (Pagpapaimbabaw.) Ito ay pagpapaimbabaw, ito ay pagiging tutol sa katotohanan, ito ay panlilinlang, pagpapanggap, pagiging huwad, at paglilihis; ito ay pawang mga pagkilos at pagpili na batay sa kanyang sariling mga imahinasyon at kuru-kuro, at nakasentro sa kanyang sariling mga interes, at wala talaga itong kinalaman sa katotohanan. Hindi niya hinahanap ang katotohanan, kaya hindi rin katotohanan ang kanyang mga pagkilos; hindi lang walang kinalaman ang mga ito sa katotohanan, lubos ding salungat ang mga ito sa mga normal na pangangailangan ng sangkatauhan na nakapaloob sa kaibuturan ng kanyang puso. Kasalanan bang kumain ng mga itlog?

(Hindi, hindi ito kasalanan.) Subalit tiningnan ni Xiaoja ang pagkain ng mga itlog bilang pagiging gahaman. Ang mga itlog ay isang uri ng pagkaing nilikha ng Diyos para sa tao. Kung may kakayahan kang kumain ng mga ito, hindi pagiging gahaman ang gawin ito, pero kung wala kang kakayahang kumain ng mga ito, at magnanakaw ka at kakainin ang mga itlog ng ibang tao, iyon ang pagiging gahaman. Paano tinukoy ni Xiaoja ang bagay na ito? Naniwala siyang gahaman ang pagkain ng itlog, at mas gahaman pa kung makikita ito ng iba. Inisip niya na kung kakain siya ng mga itlog nang walang nakakakitang sinuman, malayo sa kanilang paningin, hindi iyon pagiging gahaman. Ano ang kanyang pamantayan sa pagsukat ng pagiging gahaman? Ito ay batay sa kung may nakakakitang sinuman. Ibinatay niya ba ito sa mga salita ng Diyos? Hindi, sarili niyang personal na pananaw iyon. Sa katunayan, may anumang saloobin o pananaw ba ang iba sa usaping ito ng pagkain ng mga itlog? (Wala, wala silang anumang saloobin o pananaw.) Isa lang itong teorya na gawa-gawa mismo ni Xiaoja. Naniwala siyang ang pagkain ng mga itlog para sa almusal ay pagiging gahaman, pagpapakasasa sa kaginhawahan, at pagpapakita ng konsiderasyon sa laman. Batay sa kanyang pananaw, kung gayon, hindi ba't ang lahat ng kumakain ng mga itlog ay nagpapakasasa sa kaginhawahan at nagpapakita ng konsiderasyon sa laman? Ang ipinahihiwatig niya ay: "Kapag kumain kayong lahat ng mga itlog, nagpapakita kayo ng konsiderasyon sa laman. Hindi ako nagpapakita ng konsiderasyon sa laman, kaya kong pigilan ang aking sarili, kaya hindi ako kumakain ng mga itlog. Maglagay kayo ng mga itlog sa harap ko at kaya ko pa ring ibalik ang mga ito, kahit na pagkatapos damputin ang mga ito. Iyan lang ang uri ng pagpapasya at determinasyon na mayroon ako, at ganoon ko kamahal ang katotohanan. Kaya ba ninyong gawin iyon? Kung hindi ninyo kaya, hindi ninyo minamahal ang katotohanan." Paano niya itinuturing ang kanyang ideya? Bilang ang pamantayan sa pagsukat ng tama at mali. Hindi ba ito pagiging huwad? (Oo, ito ay pagiging huwad.) Pagiging huwad ito.

Ang isa pang pagpapamalas na ipinakita ni Xiaoja ay ang hindi niya pagkain sa oras ng tanghalian. Ano sa halip ang ginagawa niya? (Ipinagpapaliban niya ito.) Pinipigil niya ang kanyang gutom at ipinagpapaliban ang pagkain. Pero bakit? (Para magpakitang-gilas sa iba.) Nagpapakitang-gilas siya, at ginagawa ito para makita ng iba. Ano ang gusto niyang makita at maunawaan ng iba mula rito? Gusto niyang ipakita sa iba kung gaano kalaking pagdurusa ang kaya niyang tiisin, at kung gaano siya kasipag, katapat, kasigasig, at karesponsable sa kanyang trabaho! Gusto niyang makita ng mga tao na isa talaga siyang pambihirang tao! Kung gayon ay makakamit niya ang kanyang pakay; iyon ang gusto niyang pagtatasa. Ano ang ibig sabihin ng pagtatasa na iyon sa kanya? Ito ang kanyang buhay, ang kanyang dugo. Pagmamahal ba ito sa katotohanan? (Hindi, hindi ito pagmamahal sa katotohanan.) Kaya, ano ang gusto ng mga taong tulad niya? Hindi sila nag-aatubiling magpakitang-gilas, nagpaplano at nagpapakana, at nanlilinlang sa iba sa pamamagitan ng pagbabalat-kayo, ipinapakita sa mga ito kung gaano nila kayang magdusa, at sa gayon ay nakatatanggap ng mga komento mula sa mga ito tulad

ng: “Kaya mo talagang magtiis ng pagdurusa. Isa ka talagang taong nagmamahal sa Diyos, at ginagawa mo ang iyong tungkulin nang may katapatan.” Hindi sila nag-aatubiling gumamit ng mga huwad na anyo at panlilinlang para itago ang mga aktuwal na katunayan, linlangin ang Diyos at lokohin ang ibang tao, lahat para makakuha ng magandang salita o isang paborableng pagtatasa mula sa iba. Anong klaseng disposisyon ito? (Isang buktot na disposisyon.) Buktot ito. Napakahusay nila sa pagpapanggap, at sa pagpapakitang-gilas, at panlilinlang! Pagkain lang ito, anong problema sa pagkain nang mahinahon? Sinong nabubuhay na tao ang hindi kumakain? Kasalanan ba ang kumain sa oras? Kasalanan ba ang humanap ng makakain kapag ang isang tao ay nagugutom? (Hindi, hindi ito kasalanan.) Isa itong pisikal na pangangailangan; makatwiran ito. Tinatrato ng mga taong ito ang lahat ng makatwirang pangangailangan bilang hindi makatwiran at kinokondena ang mga ito. Ano ang itinataguyod nila? Itinataguyod nila ang patuloy na pagdidisiplina sa katawan, itinatago ang mga tunay na katunayan, at nagbabalat-kayo para makita ng iba kung paano sila nagdurusa, kung paano nila pinipigilang magpakasasa sa kaginhawaan, at kung paano sila nagbabayad ng halaga, at naghahandog ng kanilang oras, lakas, at lahat ng mayroon sila para sa kanilang trabaho. Ito ang gusto nilang makita ng mga tao. Ito ba talaga ang ginagawa nila? Hindi, hindi ito. Nililihis nila ang iba sa pamamagitan ng mga huwad na anyo, at ito ay isang pagpapamalas ng isang buktot na disposisyon. Nagsusumikap sila nang labis para sa isang bagay na hindi gaanong makabuluhan tulad ng pagkain—anong klase ng mga tao sila? Ito ba ang dapat gawin ng isang taong may normal na pagkatao? (Hindi, hindi ito.) Hindi ito ang dapat gawin. Masyado itong lihim na mapanira! Sasang-ayunan o kasusuklamang ba ng karamihan ng mga tao kung marinig nila ang tungkol sa isang taong masyadong nagpapakitang-gilas sa isang maliit na bagay? (Masusuklam sila.) Kaya ninyo bang kumilos nang ganito? (Minsan.) Kasing lubha nito? (Hindi.) Mahirap tiisin ang gutom, subalit kaya ng ilang taong tiisin ang pagdurusang ito. Kung hihingin mo sa kanilang magpasakop sa mga salita ng Diyos, gumugol ng pagsisikap sa Kanyang mga salita, kumilos nang naaayon sa mga prinsipyo ng mga salita ng Diyos, at magsalita nang matapat, makikita nilang sobrang nakapapagod at napakahirap nito. Para sa mga taong ito, ang pagsusuko ng kanilang mga sariling interes at pagpapahalaga sa sarili ay mas mahirap pa kaysa sa pag-akyat sa langit, subalit handa sila, anuman ang halaga, na isantabi ang mga salita ng Diyos, kumilos nang naaayon sa mga sarili nilang imahinasyon, at protektahan ang sarili nilang mga makalamang interes. Hindi ba’t pagpapamalas ito ng hindi pagmamahal sa katotohanan? (Oo, pagpapamalas ito.) Isa itong aspekto.

Anong iba pang mga pagpapamalas ang ipinakita ni Xiaoja? Sobra siyang inaantok subalit hindi siya natulog. Sabihin mo sa Akin, kung inaantok ang isang tao at natutulog saglit, o umiiddip nang mabilis, at pagkatapos ay may dagdag na lakas para sa trabaho, hindi ba’t makatwiran ito? (Oo, makatwiran ito.) Makatwiran ito. May sinuman bang kokondena kay Xiaoja dahil sa pagtulog? (Wala, hindi nila ito gagawin.) Kaya, bakit sobra siyang natakot, kung walang sinumang kokondena sa kanya? Ano ang kinatakutan niya?

(Ang may maipamalas siya nang hindi sinasadya.) Tama iyon, natakot siyang may maipamalas siya nang hindi sinasadya. Sa kanyang mga imahinasyon, naniniwala siyang pinahahalagahan siya ng lahat, na iniisip ng lahat na partikular siyang may kakayahang magtiis ng pagdurusa, at lubos na maka-Diyos. Pakiramdam niya na kapag nalantad ang mga tunay niyang kulay, at natuklasan ng lahat na hindi siya ganoong klase ng tao, babagsak ang kanyang buong magandang imahe. Hindi niya ito kayang maatim, at kaya pinigilan niya ang kanyang sariling umidlip man lang. Ganoon siya kahigpit sa kanyang sarili. Anong klaseng tao siya? Hindi kaya may sakit siya sa pag-iisip? Ang mga taong tulad nito ay madalas nakikinig sa mga sermon, nagbabasa ng mga salita ng Diyos, at nagtitipon para sa pagbabahaginan, kaya paanong hindi sila tumutuon sa katotohanan? Mahusay para sa iyong pag-isipan ang mga katotohanang prinsipyo. Tingnan mo kung ano ang sinasabi ng mga salita ng Diyos: Mayroon bang anumang deklarasyon tungkol sa mga taong umiidlip sa mga salita ng Diyos? (Wala, walang anumang.) Hindi gumawa ng anumang deklarasyon ang Diyos tungkol sa bagay na ito, o binanggit man lang Niya ito. Dapat malaman ng sinumang nagtataglay ng pag-iisip ng normal na pagkatao kung paano ito haharapin. Makatwirang umidlip kapag inaantok ka. Makatwirang magpahinga sa hapon sa isang mainit na tag-araw. Sa partikular, may ilang matandang tao, na hindi kayang makasabay pagdating sa kanilang katawan, antas ng enerhiya, at iba pa, na kinakailangang matulog nang ilang saglit pagkatapos ng tanghalian. Hindi ito batay sa kanilang mga gawi sa pamumuhay, kundi sa kanilang mga pisikal na pangangailangan. Binigyan ka ng Diyos ng kabatiran, kamalayan, at mga tugon ng normal na pagkatao para pahintulutan kang pangasiwaan ang iyong pang-araw-araw na pagkain, pagpapagal, at pahinga ayon sa iyong sariling trabaho at kapaligiran; hindi mo dapat abusuhin ang iyong sarili. Halimbawa, ipagpalagay na hindi ka kumakain ng mararangyang pagkain at sinasabi na, “Hindi pinahihintulutan ng Diyos ang mga tao na kumain ng masasarap na pagkain; nagiging gahaman ang mga tao sa palaging pagkain ng masasarap na pagkain.” Hindi ito kailanman sinabi ng Diyos, at wala Siyang ganitong uri ng hinihingi para sa mga tao. Subalit ito ang inakala ni Xiaoja, at inisip niyang malamang na ganoon din ang iniisip ng Diyos. Inisip ni Xiaoja na kung ang isang tao ay natutulog nang masyadong maaga, pagpapakasasa ito sa kaginhawahan, at hindi ito gusto ng Diyos. Hindi ba’t hindi ito pagkaunawa sa katotohanan? (Oo, hindi nga.) Nang hindi nauunawaan ni Xiaoja ang katotohanan, hinanap niya dapat ito, subalit hindi niya iyon ginawa, kumilos lang siya nang naaayon sa kanyang sariling subhetibong kalooban. Hanggang saan niya ito dinala? Uminom siya ng tatlo o apat na tasa ng kape sa isang araw, para lang makapagpuyat siya sa gabi. Sinasabi ng ilang tao na: “Marami akong nainom na kape habang ginagawa ang aking tungkulin nitong mga nakaraang ilang taon para magawa ko ang gawain ng sambahayan ng Diyos.” Kung sasabihin ng ibang tao na, “Sino ang nagpainom sa iyo ng kape? Hindi ba’t pinili mo itong inumin?” lisipin niya sa sarili niya na, “Alam mo kung bakit ako umiinom ng kape? Hindi ito para magpuyat, ito ay para magbawas ng timbang. Hindi mo ba alam iyon? Subalit hindi ko

masasabi sa iyo iyon, dahil malalaman mo kung ganoon. Magmumukha ba akong payat kung mas payat ka kaysa sa akin?” Mapagkalkula talaga ito, tama ba? Anong mga pananaw at ideya ang nakapaloob dito? Mayroon bang anumang pagkaunawa o pagkamakatwiran ng normal na pagkatao? (Wala, walang ganoon.) Wala, may nakapaloob lang dito na mga tagisan ng talino, mga pandaraya at pakana, pagpapanggap, pagiging huwad, at panlilihis. Naroroon ang lahat ng ito. Ito ay pagiging mapagkalkula sa tuwing may nangyayaring isang bagay. Talagang hindi nila sasabihin sa sinuman ang kanilang mga matapat na pananaw at kaisipan, lalong hindi nila pahihintulutan ang lahat na malaman, o pahintulutan ang Diyos na makita. Ang kanilang mentalidad ay hindi isa na, “Inilalantad ko ang aking sarili. Ang aking mga pagkilos ay naaayon sa aking mga iniisip, at ganyan lang ako.” Siguradong hindi ganito ang mentalidad nila, kaya ano ito? Nagkukubli at nagkukunwari sila hanggang sa makakaya nila, natatakot na ang imahe nila sa iba ay hindi sapat na dakila, deboto, o espirituwal.

Bakit ginustong magpuyat ni Xiaoja sa gabi? Maraming uri ng trabaho ang hindi kinakailangang gawin sa kalaliman ng gabi, at halos inaantok na ang mga tao pagkalipas ng alas-diyes ng gabi. Kahit na magpatuloy sila sa pagtatrabaho, hindi ito magiging epektibo, dahil may hangganan ang lakas ng mga tao. Subalit palaging pinipilit ni Xiaoja ang kanyang sarili, walang pakialam kung epektibo ba ito, kahit na alam na alam niyang hindi ito epektibo. Bakit siya nagpadala ng mensahe bago matulog? (Para mapansin ng iba.) Para masaksihan ng iba na natutulog siya nang alas-tres. Kahit na hindi ka natutulog buong gabi, hindi ba’t ikaw naman ang aantukin sa huli? At hindi ba’t ikaw ang nagdulot niyon sa iyong sarili? May ilang tao na nagpupuyat sa gabi at nagpapadala ng mensahe nang alas-tres ng umaga. Kapag ang tumanggap ng mensahe ay tumugon ng alas-kuwatro nang umaga, naghihintay sila hanggang alas-singko nang umaga para tumugon, para maipakitang mas huli pa silang natutulog. Pinahihirapan nila ang kanilang sarili at pinipinsala ang isa’t isa sa ganitong paraan, at sa huli ay walang kahit sino sa kanilang natutulog buong gabi. Hindi ba’t isang pares sila ng mga pabara-barang hangal? Anong klaseng pag-uugali iyan? Kahangalan ito. Saan nanggagaling ang ganitong uri ng pag-uugali? Nagmumula itong lahat sa isang tiwaling disposisyon. Sa ngayon, hindi natin titingnan kung saang tiwaling disposisyon nagmumula ang pag-uugaling ito, sasabihin lang natin kung gaano ito katawa-tawa. Maaaring baguhin ng mga taong ito ang ganitong uri ng katawa-tawang pag-uugali at kasanayan sa pamamagitan ng pagpili ng alinman sa mga salita ng Diyos para isagawa. Alinman sa Kanyang mga salita ay makapagbibigay sa kanila ng kakayahang mamuhay nang payapa at matatag, at gawing mas makatotohanan at praktikal ang kanilang buhay. Bakit hindi nila pinipiling mamuhay ayon sa salita ng Diyos? Bakit nila pinapahirapan ang sarili nila nang ganito? Hindi ba’t inaani nila ang kanilang itinanim? (Oo, ganoon nga.) Gaano man nagdurusa nang ganito ang isang tao, palagi itong magiging walang kabuluhan, at gaano man karaming pagdurusa ang kanyang tinitiis, siya ang magpapasan ng mga kahihinatnan nito. Sinasabi ng ilang tao na: “Nananampalataya ako sa Diyos sa lahat ng taong ito, at naging lider ako

sa loob ng 20 taon. Palagi akong nagpupuyat at hindi natutulog, at sa huli, nagdusa ako sa matinding kapaguran.” Sinasabi Ko: “Masuwerte ka na at pagod lang sa nerbiyos ang inabot mo. Kung patuloy mong pahihirapan ang iyong sarili nang walang kabuluhan at kikilos nang ganyan, hindi nalalayo ang sikosis.” Maaari bang maging malusog ang isang tao kung hindi siya natutulog sa gabi, palaging ninenerbiyos, at abnormal ang paggana ng kanyang katawan? Siya ang nagdulot nito sa kanyang sarili! Sabihin nating sinasabi mo sa kanya, “Ang pagkilos sa ganyang paraan ay hindi dapat. Gawin mo ang iyong makakaya para ayusin ang iyong trabaho para sa araw, at dagdagan ang iyong pagiging produktibo. Kapag pinag-uusapan ng lahat ang gawain, huwag masyadong magsalita nang walang katuturan at huwag masyadong magsalita tungkol sa hindi mahahalagang bagay. Dapat mong maarok ang mga pangunahing punto, sentro, at tema ng talakayan, at kapag tapos na ito, dapat ipagpatuloy ng lahat ang mga sarili nilang gawain. Huwag sumatsat nang sumatsat, at huwag magtatamad-tamad.” Hindi siya makikinig sa iyo. Hindi siya magaling sa pagpapahayag ng kanyang sarili, subalit hindi siya nagbubuod ng mga karanasan, nagsasalita lang siya nang walang kabuluhan para mag-aksaya ng oras hanggang ala-una o alas dos nang umaga, hindi natutulog o pinatutulog ang iba. Hindi ba’t pagpapahirap at pamiminsala ito sa iba? Sa wakas, iniisip niya na, “O Diyos, nakita Mo, hindi ba? Alas-tres na at hindi pa rin ako natutulog!” Nakita ito ng Diyos. Nakita Niya hindi lang kung ano ang nasa labas, kundi pati na rin ang kaibuturan ng puso nito, at sinasabi Niya na: “Marumi ang iyong puso. Nagpupuyat ka magdamag sa walang kabuluhang pagdurusa, pero hindi ito kailanman maaalala ng Diyos. Kapag oras na para matulog, hindi ka natutulog, sa halip ay pinipilit ang iyong sariling manatiling gising. Ikaw ang nagdala ng paghihirap na ito sa iyong sarili!” Kapag inaantok ang mga tao, natural na nagsasara ang kanilang mga talukap. Likas na kilos ito, kaya karapat-dapat kang magdusa kung palagi kang lumalaban sa mga likas na kilos at batas ng kalikasan! Hindi hihingin sa iyo ng Diyos na tiisin ang pagdurusa na walang kabuluhan, o dulot ng mga paglabag sa mga batas ng kalikasan, o mga paglabag sa mga prinsipyo o katotohanan. Kung igigiit mo ang mga ganitong uri ng pagdurusa, e di ganoon na nga. May ilang tao na, kapag narinig nila na ang isang tao ay hindi natutulog hanggang alas-tres ng umaga, ay iniisip na, “Hindi ba’t katulad ko rin iyon? Puwes matutulog ako ng alas-tres y medya nang umaga sa hinaharap.” Pagkatapos ay nababalitaan nilang may natutulog ng alas-tres y medya nang umaga, kaya gusto nilang matulog ng alas-kuwatro nang umaga. Hindi ba’t isa itong sakit sa pag-iisip? Puwede kang makipagkompetensiya sa anumang bagay, at pinipili mong makipagkompetensiya tungkol sa kung sino ang pinakahuling natutulog—nangangahulugan itong abnormal ka sa pag-iisip. May problema ba sa pag-arok ang gayong mga tao? (Oo, may problema sila.) Hindi nila kayang maarok ang katotohanan. Kapag may oras ka, tigilan mo ang pagsisikap, labis na pag-iisip, at pag-iisip sa mga bagay tulad ng iyong panlabas na pag-uugali, pagpapanggap, at pagiging huwad. Ano, kung gayon, ang dapat mong pagsikapan? Tingnan mo kung paano inilalantad ng mga salita ng Diyos ang tiwaling kalikasan at buktot na disposisyon ng

sangkatauhan, at kung paano Niya inilalantad ang pagiging pabasta-basta ng mga tao. Magsikap na ikumpara ang iyong sarili sa mga salitang ito ng Diyos na naglalantad sa tao, pagnilayan kung gaano karaming pagpapamalas na inilalantad ng Diyos ang mayroon ka, at kung gaano karami sa mga ito ang madalas mong ikinikilos o inihahayag. Napakabuting bagay na ibuod ang mga bagay na ito! Kasuklam-suklam para sa isang tao na palaging magsikap para sa ilang itlog o siopao, o sa paglulubog ng mga bagay-bagay sa sabaw! Ano iyan? Ito ay pagkakalkula at kawalan ng karunungan. Ano ang isang taong tulad niyon? (Isang hangal.) Mahusay na pagkakasabi. Pagdating sa mga taong palaging isinasaalang-alang kung gaano karaming itlog ang kakainin, o palaging iniisip ang tungkol sa pag-inom ng kape para makapagpuyat sa gabi, hindi kalabisan na tawagin silang mga hangal na nahuhumaling sa pagkain. Sa anong mga larangan sila hangal? Bakit sinasabi nating hangal ang mga taong ito? (Ganap na walang kuwenta ang pinagdurusahan nila.) Talagang wala itong kuwenta. Bakit mo gugustuhing gawin ang gayong mga asal-batang bagay? Sa palagay mo ba na ang panghabambuhay na hindi pagkain ng itlog ay magbibigay sa iyo ng kakayahang maunawaan ang katotohanan? Hindi ba't kahangalan ang pagkilos nang ganito? (Oo, kahangalan ito.) Huwag kang gumawa ng mga kalokohan. Anong klase ng mga tao ang karaniwang gumagawa ng mga kalokohan? (Ang mga taong walang espirituwal na pang-unawa.) May kakayahan ba ang mga taong ito na maarok ang katotohanan? (Wala, wala silang kakayahan.) Sinasabi ng ilang tao na: "Mabuti ang kakayahan nila, at napakahusay nilang mangaral." Maaaring mahusay silang mangaral, subalit bakit palagi silang nakikisali sa mga gawaing asal-bata tuwing dumarating ang oras ng pagkilos? Bakit kumikilos sila sa paraang asal-bata at katawa-tawa? Anong nangyayari rito? Nagsasalita sila sa isang paraan subalit kumikilos nang iba. Ang sinasabi nila ay ang tungkol sa kanilang doktrinal na pang-unawa, at ang ginagawa nila ay ang mga bagay na tunay nilang nauunawaan at kaya nilang tanggapin. Sa kaibuturan, ineendorso o kinikilala ba nila ang mga doktrinang ipinangangaral nila? (Hindi, hindi nila kinikilala ang mga ito.) Hindi nila kinikilala na ang mga bagay na iyon ay ang katotohanan, o pamantayan na dapat nilang isagawa at sundin. Sa katunayan, ito ay ang mga pakana at kuru-kuro sa kanilang puso, ang mga pekeng ideya at gawi, at ang mga pag-uugali na itinuturing na mabuti ng iba, na pinaniniwalaan talaga nilang pamantayan at mga landas ng pagsasagawa. Hindi ba't itatakwil ang gayong mga tao kung hindi sila kailanman magbabago? Magkakaroon ba sila ng anumang pagkakataon para sa kaligtasan? Kakaunti ang pag-asa.

Sabihin mo sa Akin, makatwiran bang humawak ng payong o magsuot ng salakot sa mainit na araw? (Oo, makatwiran ito.) Mabilis masusunog ang balat ng mga taong nagtatrabaho sa araw kung hindi sila magsusuot ng sumbrero, kaya lubos na makatwiran na gawin ito. May ilang tao na hindi nag-iisip nang ganito, at nagsasabing: "Magsuot ng salakot? Hindi ba't insulto iyon sa akin? Puwede ba akong magsuot ng sumbrero? Hindi ako natatakot sa pagdurusa, o sa pangingitim. Sa katunayan, mabuti ito sa kalusugan." Kung ito ang talagang iniisip nila, hindi ito isang problema, subalit ang susi ay na, sa

kaibuturan, hindi ganito ang iniisip ng ilang tao. Iniisip nila na, “Tingnan ninyo ang sarili ninyo, nakasuot ng salakot dahil natatakot mangitim o masunog ang balat sa mainit na araw. Hindi ako magsusuot ng isa! Ano ang dapat katakutan sa pangingitim o sa pagkasunog ng balat? Gusto ng Diyos ang mga bagay na iyon, kaya wala akong pakialam kung ano ang iniisip ng iba!” Ano ang tingin mo sa mga taong nagsasabi nito? Sa tingin mo ba ay medyo mapanlinlang sila, medyo huwad? Sa katunayan, may motibo sa likod ng kanilang pagtanggap magsuot ng sumbrero, na ito ay para ipakita sa mga taong kaya nilang magdusa at na sila ay talagang espirituwal. Kasuklam-suklam ang ganitong uri ng mapagkunwaring pag-uugali! Magagawa ba ng mga taong ganito kagaling magpanggap ang kanilang mga tungkulin nang maayos? Kaya ba nilang magdusa at magbayad ng halaga para sa kanilang mga tungkulin? Kapag nangitim sila o nasunog ang kanilang balat sa araw, hindi ba sila magrereklamo at sisisihin nila ang Diyos? Hindi kailanman nagsasagawa ng katotohanan ang mga mapagpaimbabaw na Pariseo, kundi nagpapanggap ng espirituwalidad. Kaya ba talaga nilang magdusa at magbayad ng halaga? Batay sa diwa ng mga mapagpaimbabaw, makikita mong wala silang anumang pagmamahal sa katotohanan, at na mas maliit pa nga ang kanilang kakayahang magdusa o magbayad ng halaga para rito. Higit pa rito, kahit gaano pa karaming salita ng katotohanan ang naririnig nila, hindi nila kailanman pinakikinggan o inuunawa ang mga ito bilang ang katotohanan, sa halip ay tinatrato at ipinangangaral nila ang mga ito bilang isang uri ng teoryang espirituwal. Hindi nauunawaan ng mga ganitong uri ng mga mapagpaimbabaw kung bakit nananampalataya ang mga tao sa Diyos, kung bakit gusto Niyang ibigay ang katotohanan sa mga tao, kung ano ang proseso ng pagtanggap ng mga tao sa pagliligtas ng Diyos, kung ano ang kahalagahan nito, at kung ano talaga ang ibig sabihin ng Diyos sa kaligtasan. Hindi nila nauunawaan ang alinman sa mga katotohanang ito. Kung may isang mapagpaimbabaw sa isang iglesia na hindi nagmamahal sa katotohanan subalit gusto ang pagiging huwad, talagang tunay na Pariseo siya. Binibigyang-pansin niya ang pag-uugali, hitsura, at mga pagtatasa ng mga tao sa kanilang puso, at gaano man karaming katotohanan ang naririnig niya, hindi niya ito kailanman isinasagawa. Tama ang lahat ng sinasabi niya, at nakakapagsalita siya ng bawat uri ng doktrina, subalit hindi niya isinasagawa ang ipinangangaral niya. Kung may sinumang tunay na nakasasabay sa kanya, pareho ba silang uri ng tao? (Oo, pareho sila.) Paano titingnan ng isang taong may normal na pag-iisip ang mga pagpapamalas na ito ng isang mapagpaimbabaw? Lisipin niyang, “Mali ang pamamaraan nila sa pagsasagawa, hindi ba? Bakit napakakakatwa nito? Kapag oras nang kumain, dapat lang silang kumain, kaya bakit nagpapaligoy-ligoy pa sila tungkol dito?” Sasabihin niyang kakatwa ang taong ito, na iba ang pagkakaunawa niya sa mga bagay-bagay kaysa sa iba, sa isang baluktot na paraan—at hindi siya maaapektuhan ng mga ito. Subalit kung ang isang tao ay parehong uri ng tao gaya ng mapagpaimbabaw na ito, at partikular na nagbibigay ng pansin sa panlabas na pag-uugali at mga opinyon ng mga tao, makikipagkumpara at makikipagkompetensiya siya sa kanila. Katulad lang ito ng kung

paanong nagpadala ng mensahe si Xiaojia nang alas-tres nang umaga, at tumugon ang nakatanggap ng mensahe nang alas-kuwatro, iniisip na: “Nagpadala ka sa akin ng mensahe nang alas-tres ng umaga, kaya sasagot ako ng alas-kuwatro ng umaga,” at pagkatapos ay naisip ni Xiaojia na, “Sumagot ka sa akin ng alas-kuwatro ng umaga, kaya ipapadala ko ang sa akin nang alas-singko ng umaga.” Sa paglipas ng panahon, sa pakikipagkumpitensya nang ganito, unti-unting nagiging mapagpaimbabaw ang lahat. Kung ganitong uri ng tao ang isang lider ng iglesia, at walang pagkilatis ang mga kapatid, nasa panganib sila, maaari silang mailigaw anumang oras. Bakit Ko sinasabi ito? Madali para sa isang taong hindi nakakaunawa sa katotohanan na mailigaw at maimpluwensiyahan ng panlabas na mabuting pag-uugali ng iba. Dahil hindi niya alam kung ano ang tama, naniniwala siya sa kanilang mga kuru-kuro na mabuti ang gayong pag-uugali. Kung magagawa ng ibang tao ang gayong mga pag-uugali, magiging sentro ang taong iyon ng kanyang pagsamba, at iisipin niyang dapat na ang taong iyon ay maging lider, magawang perpekto, at mahalin ng Diyos. Sasang-ayunan niya ang ganitong uri ng pag-uugali, at pagtitibayin ito sa kaibuturan ng kanyang puso. Ano ang mangyayari kung pagtitibayin niya ito? Susundan niya ang taong iyon. Kung pareho silang lider, makikipagkumpara at makikipagkompetensiya sila sa isa’t isa. Minsan, nagtipon online ang mga lider at manggagawa mula sa mga iglesia sa iba’t ibang bansa. Pagkatapos Kong mag-online at makinig saglit, naramdaman Kong may hindi tama. Naisip Ko, “Ano ang ginagawa ng mga taong ito rito? Nangangaral ba sila?” Matapos maunawaan ang sitwasyon, napagtanto Kong nagdarasal sila. Nagtaka Ako sa Aking sarili kung bakit ganoon sila magdasal. Nakakatakot itong pakinggan, ito ay parang inilalabas nila ang kanilang mga pangil at iwinawasiwas ang kanilang mga kuko. Hindi iyon mismo isang malaking bagay, kaya ano ang pangunahing problema? Parang nagdarasal sila nang nakabukas ang kanilang mga mata, hindi sa harap ng Diyos, at hindi sinasabi kung ano ang nasa kanilang puso. Sa halip, nakikipagkompetensiya sila para makita kung sino ang pinakamagaling magsalita, kung sino ang makapagsasalita ng mas maraming doktrina, at kung sino ang nagsalita nang pinakamalawak at pinakamalalim. Ang tunog nito ay parang isang labanan sa isang arena, at tiyak na hindi parang isang panalangin sa Diyos. Hindi ba’t katapusan na ng mga taong ito? Hindi ba’t wala na silang kuwenta? Nang may mga taong tulad nito na nagsisilbing mga lider, gaano kalaking pagdurusa ang kinakailangang tiisin ng mga nasa ibaba nila? Hindi ba’t napipinsala ang mga taong nasa ibaba nila? Ang bawat tao ay masigasig na nagdarasal nang hindi bababa sa 20 minuto, at sa kabila ng mga itinakda ng ang Itaas na ang mga pagtitipon ay hindi dapat dominahin ng sinumang tao, at na ang mga tao ay maaari lang makipagbahaginan sa loob ng 5 hanggang 10 minuto, walang pakundangan pa rin silang gumamit ng napakaraming oras sa pagdarasal. Kinalaunan, naunawaan Ko na sa wakas kung bakit napakaraming pagtitipon ang tumatagal mula umaga hanggang gabi: Ang mga lider kunong ito ay gumugugol ng mahabang oras para lang sa pagdarasal, isa pagkatapos ng iba, habang nagdurusa ang mga nasa ibaba nila. Ang mga huwad na

lider na ito ay naroroon para makipagtagisan sa salita, para sumatsat nang sumatsat, na may ilang sobrang gulo na nalimutan na nila kung may nasabi na ba silang isang bagay. Para sa kanila, ayos lang ang lahat, hangga't mas matagal silang nagsalita kaysa sa iba. Naguluhan Ako: Kapag nagdarasal ang isang tao, dapat ay nagdarasal siya sa Diyos nang nakapikit, kaya bakit nakadilat ang kanyang mga mata? Hindi ba talaga nagulo ang kanyang isipan na imulat ang kanyang mga mata at tingnan kung paano nagdarasal ang ibang tao? Lalo na at kinakailangang isipin ang tungkol sa kung paano nagdarasal ang iba at kung aling mga salita ang ginagamit nila, at ginugustong maging mas superyor sa kanila—na may pusong puno ng mga bagay na tulad nito, posible bang magdasal sa Diyos at magsalita nang mula sa puso? Hindi ba't ito ay abnormal na katwiran? Hindi ba't pagpapamalas ang lahat ng mga ito ng huwad na espirituwalidad ng mga huwad na lider at mga huwad na manggagawa? Isang mabuting bagay para sa lahat na sama-samang magtipon, at magbasa ng mga salita ng Diyos, at magbahaginan tungkol sa katotohanan, subalit may ilang tao na nag-ulat na: “O, wala kang ideya. Kapag nagtitipon at nagdarasal ang mga lider na iyon, para nilang inaawit ang mga kasulatan; paulit-ulit silang nagsasalita tungkol sa isang bagay, at pare-pareho ito sa tuwing nagtitipon kami. Pagod na akong marinig ito.” Paano pinaghuhusay ng mga pagtitipong tulad nito ang mga tao? Palagi itong ginagawa ng mga huwad na lider at manggagawa; kaya ba nilang umayon sa mga layunin ng Diyos? Hindi nila binibigyang-pansin ang pagbabahaginan tungkol sa katotohanan para tulungan ang mga taong maunawaan ito, o para lutasin ang mga problema sa pamamagitan ng pagbabahaginan tungkol sa katotohanan; sa halip, nakikibahagi sila sa huwad na espirituwalidad ng relihiyon. Hindi ba't pagliligaw ito sa mga tao? Ano ang problema rito? Hindi talaga nila nauunawaan ang mga layunin ng Diyos, ni ang Kanyang mga hinihingi sa mga tao. Nakikisali lang sila sa mga relihiyosong ritwal at nagpapakitang-gilas! Ang mas masahol pa, ginagamit nila ang panalangin para ilantad, atakihin, at kondenahin ang iba, habang ang ilan ay ginagamit ang panalangin para bigyang-katwiran ang kanilang sarili. Tila para sa pandinig ng Diyos ang mga panalangin nila, subalit sa katunayan para sa tao ang mga ito. Samakatwid, ang mga taong ito ay walang kahit katiting na may-takot-sa-Diyos na puso, silang lahat ay mga hindi mananampalataya na nanggugulo sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Ang mga huwad na lider na ito ay nagbubunyag ng napakaraming kapangitan sa kanilang mga panalangin. Ang ilan ay nagdarasal, nagsasabi ng mga bagay tulad ng: “O diyos, hindi ako naunawaan ng ilang tao. Hindi iyon ang ibig kong sabihin. Nagdarasal ako sa iyo, hindi ako nakararamdam ng negatibo, at puwedeng isipin ng ibang tao ang gusto nilang isipin.” May ilang nagsasalita ng mga doktrina, at ang iba ay nakikipagkompetensiya sa kung sino ang nakikinig sa mas maraming sermon, sino ang nakaaalala ng pinakamaraming titik ng himno o mga salita ng Diyos, kaninong dasal ang pinakamahaba, sino ang pinakamagaling magsalita, o sino ang may pinakamaraming iba't ibang paraan ng pagdarasal, at gumagamit ng maraming iba't ibang uri ng panalangin. Panalangin ba ito? (Hindi, hindi ito panalangin.) Ano ito? Ito ay walang

prinsipyong paggawa ng kasamaan! Ito ay ang paglalaro at pagyurak sa katotohanan, paninirang-dangal at paglapastangan sa Diyos! Nangangahas ang mga diyablo at hindi mananampalatayang ito na sabihin ang anuman sa pamamagitan ng panalangin—sabihin mo sa Akin, tunay ba silang mga mananampalataya? May kahit katiting ba silang debosyon? (Wala, wala silang debosyon.) Ang mga taong tulad nito ay nagiging negatibo kapag tinanggal ang kanilang katayuan bilang isang lider, hindi talaga sila nagninilay sa kanilang sarili, sa halip ay nagrereklamo kahit saan: “Labis akong nagdusa sa gawain ko para sa diyos, pero sinasabi pa rin nilang wala akong ginawang aktuwal na gawain at na isang akong huwad na lider, at tinanggal ako. Higit pa rito, gaano karaming tao ang makapagsasalita ng mga doktrina nang kasing-komprehensibo ko? Gaano karami ang kasing mapagmahal ko? Isinuko ko ang aking pamilya at propesyon, at ginugol ang araw-araw sa pagtitipon sa iglesia kasama ang aking mga kapatid, nagsasalita nang tatlo o limang araw sa isang pagkakataon. Paano nila ako tinanggal nang ganoon lang?” Hindi sila sumusunod at nagkikimkim sila ng mga reklamo. Mayroon ding mga nagpapalaganap ng panggigiit na: “Huwag kang maging lider sa sambayanan ng diyos. Kung napili ka bilang isang lider, nasa alanganin ka, at kapag tinanggal ka na, hindi ka na man lang magkakaroon ng pagkakataong maging isang ordinaryong mananampalataya.” Ano ang mga salitang ito? Ang mga ito ang pinakawalang-katuturan at pinakakakatwang mga salita, at masasabi rin na ang mga ito ay mga salita ng hindi pagsunod, kawalang-kasiyahan, at kalapastanganan laban sa Diyos. Hindi ba’t iyon ang kahulugan ng mga salitang iyon? (Oo, iyon nga.) Ano ang nakapaloob sa mga salitang iyon? Isang pag-atake—ang mga salitang iyon ay hindi isang ordinaryong panghuhusga! Hindi sinasabi ng mga taong ito na tinanggal sila dahil sa pag-aamok nila sa paggawa ng di-mabubuting bagay at pagkabigong gumawa ng anumang aktuwal na gawain, subalit nagrereklamo na hindi matuwid sa kanila ang Diyos, na hindi Niya isinasaalang-alang ang pagpapahalaga nila sa kanilang sarili sa Kanyang mga pagkilos, at na hindi Niya nauunawaan kung ano ang nararamdaman nila at ang kanilang emosyonal na pamumuhunan. Ang mentalidad nila ay tulad sa isang walang pananampalataya, sila ay ganap na walang mga katotohanang realidad!

Gaano katagal kayo karaniwang nagdarasal sa mga pagtitipon? Kumakain ba ito nang masyadong maraming oras ng lahat? Kailanman ba ay kinaiinisan ng mga tao ang inyong mga panalangin? May ilang tao na gumugugol nang maraming oras sa pagdarasal, at nagsasawa ang lahat sa pakikinig sa kanila, subalit iniisip pa rin ng mga taong ito na sila ang pinaka-espirituwal, at naniniwalang ito ang nakamit at natupad nila sa kanilang maraming taon ng pananampalataya sa Diyos. Hindi sila napapagod kahit pagkatapos magdasal nang ilang oras, kung kailan inuulit lang nila ang pare-parehong luma at walang katuturang bagay, sinasabi ang lahat ng mga salita at doktrinang iyon, at mga islogan na alam nila, o mga bagay na narinig nila sa iba, o mga bagay na gawa-gawa nila. Ginagawa nila ito sawa man o hindi ang lahat at gusto man ito ng lahat o hindi. Ganito ba kayo magdasal? Sabihin mo sa Akin, tama bang magdasal nang maikli,

o mahaba? (Walang tama o mali.) Tama iyan. Hindi mo matutukoy kung alin sa mga ito ang tama o mali, dapat ka lang magdasal sa Diyos nang naaayon sa mga pangangailangan ng iyong puso. Kung minsan ay hindi nangangailangan ng anumang seremonya ang panalangin, habang minsan ay nangangailangan ito; depende ito sa kapaligiran at kung ano ang nangyari. Kung sa tingin mo ay maaaring magtagal ang isang panalangin, magdasal ka sa Diyos nang pribado tungkol sa iyong mga personal na usapin. Huwag dasalin ang lahat ng iyon sa mga pagtitipon at kainin ang oras ng lahat. Tinatawag itong katwiran. Para sa kapakanan ng kanilang pride at reputasyon, hindi ito pinapansin ng ilang tao. Iyon ay ang pagiging ignorante at kawalan ng katwiran. May kahihyanan ba ang mga taong walang katwiran? Ni hindi nila alam na tutol ang lahat na panoorin silang magdasal. Kaya ba ng mga taong wala ngang kahit katiting na pang-unawa o kamalayan na maarok ang katotohanan? Hindi nila kaya. Ang mga katotohanang prinsipyo na hinihingi ng Diyos na isagawa ng tao ay nasa Kanyang mga salita lahat, at lahat ng salitang ibinabahagi ng Diyos tungkol sa pagsasagawa ng katotohanan ay naglalaman ng mga prinsipyo at ito ay mga prinsipyo, kailangan lang na pag-isipang mabuti ng mga tao ang mga ito. Napakaraming prinsipyo sa mga salita ng Diyos tungkol sa pagsasagawa ng katotohanan; may mga prinsipyo at landas para sa kung paano magsasagawa sa lahat ng uri ng usapin, sitwasyon, at konteksto, ang pangunahing bagay ay kung mayroon o wala kang espirituwal na pang-unawa, at nagtataglay ng kakayahang makaarok. Kung ang isang tao ay may ganitong kakayahang makaarok, mauunawaan niya ang katotohanan. Subalit kung wala, ang maaarok lang niya ay ang mga regulasyon, gaano man kadetalye ang mga salita ng Diyos, at hindi ito pagkaunawa sa katotohanan. Ang Diyos, samakatwid, ay nagbibigay sa iyo ng isang prinsipyo para maiangkop mo ito sa iba't ibang pangyayari. Sa pamamagitan ng pakikinig sa Kanyang mga salita at pagkakakilala sa Kanya, sa pamamagitan ng iba't ibang karanasan at sa pamamagitan ng pagbabahaginan, gayundin ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu, mauunawaan mo ang isang aspekto ng mga prinsipyo kung saan Siya nagsasalita, at ang Kanyang mga hinihinging pamantayan para sa isang uri ng usapin. Pagkatapos ay mauunawaan mo na ang aspektong iyon ng katotohanan. Kung kinailangan pang ipaliwanag ng Diyos ang lahat nang detalyado, at sabihin sa mga tao kung paano kumilos sa usaping ito o sa usaping iyon, mawawalan ng silbi ang mga prinsipyong binabanggit Niya. Kung ginamit ng Diyos ang pamamaraang ito, at sinabi sa sangkatauhan ang mga regulasyon para sa bawat isang bagay, ano sa huli ang mapapala ng mga tao? Ilang pagsasagawa at pag-uugali lang. Hindi nila kailanman mauunawaan ang mga layunin ng Diyos o ang Kanyang mga salita. Kung hindi mauunawaan ng mga tao ang mga salita ng Diyos, hindi nila kailanman magagawang mauunawaan ang katotohanan. Hindi ba't ganito ito? (Oo, ganito nga.) Kaya ba ninyong mauunawaan ang katotohanan? Hindi ito kaya ng karamihan, at ang iilan lang na may espirituwal na pang-unawa at pagmamahal sa katotohanan ang talagang makakapagsakatuparan nito. Kaya, ano ang mga paunang kondisyon para sa mga may kakayahang magsakatuparan nito?

Maisasakatuparan nila ito kung mayroon silang espirituwal na pang-unawa, may kakayahang makaarok, kung taos-puso silang naghahangad, at nagmamahal sa katotohanan at sa mga positibong bagay. Pagdating sa mga natitirang hindi kayang magsakatuparan nito, sa isang banda, ito ay dahil sa mga problema sa kanilang kakayahan o pag-arok, at sa isa pa, isa itong isyu sa oras. Para itong mga taong nasa edad 20—kung hihingin mo sa kanilang isakatuparan kung ano ang kaya at dapat isakatuparan ng isang taong nasa edad 50, hindi ba't pamimilit ito sa kanilang gumawa ng isang bagay na lampas sa kanilang mga kakayahan? (Oo, ganoon nga.) Ngayon isipin mo, saan nauugnay ang kakayahan ng isang taong maarok ang katotohanan? (Sa kanilang kakayahan.) Nauugnay ito sa kanilang kakayahan. Ano pa? (Kung hinahangad nila o hindi ang katotohanan.) May tiyak na kaugnayan ito sa kanilang hangarin. May ilang taong talagang sapat pagdating sa kanilang pagkaunawa, bilis ng pag-iisip, at IQ, at kayang unawain ang katotohanan, subalit hindi nila minamahal o hinahangad ang katotohanan. Wala silang anumang nararamdaman sa katotohanan sa kanilang puso, at wala silang ginagawang anumang pagsisikap sa bagay na ito. Para sa mga taong tulad nito, ang katotohanan ay palaging magiging isang bagay na malabo at hindi nakikilala, at gaano man karaming taon silang nananampalataya sa Diyos, magiging wala itong silbi.

Buweno, natapos Ko nang sabihin ang Aking mga kuwento. Makakatulong ba ang balangkas at nilalaman ng mga kuwentong ito para maunawaan ninyo ang ilang katotohanan? (Oo.) Bakit Ko sinasabi ang mga kuwentong ito? Kakailanganin bang ikuwento ang mga ito kung walang kinalaman ang mga ito sa mga kalagayan ng pamumuhay ng mga tao, sa mga disposisyong ibinubunyag nila, at sa kanilang mga iniisip sa totoong buhay? (Hindi.) Hindi ito kakailanganin. Ang mga bagay na pinag-usapan natin ay lahat mga karaniwang penomeno at kalagayang madalas na ibinubunyag ng mga tao sa kanilang buhay, at nauugnay ang mga ito sa mga disposisyon, pananaw, at kaisipan ng tao. Kung, pagkatapos makinig sa mga kuwentong ito, iniisip ninyong mga kuwento lang ang mga ito, na medyo nakakatawa at medyo kawili-wili ang mga ito pero hanggang ganoon lang, at hindi ninyo nauunawaan ang mga katotohanan sa mga ito, magiging walang silbi ang mga ito sa inyo. Dapat ninyong maunawaan ang ilang katotohanan mula sa mga kuwentong ito—magkakaroon ito kahit papaano ng isang epektong nagtutuwid sa inyong pag-uugali, partikular sa inyong mga pananaw sa ilang mga bagay, at magbibigay sa inyo ng kakayahang talikuran ang inyong mga baluktot na kaparaanan ng pang-unawa, at magtataglay ng dalisay na pang-unawa ng mga ganitong uri ng mga bagay. Hindi lang ito para baguhin ang inyong pag-uugali, kundi para lutasin, mula sa ugat, ang mga kalagayang ito na nilikha ng mga tiwaling disposisyon. Nauunawaan ba ninyo? Ngayon, magbahaginan tayo tungkol sa pangunahing paksa.

Isang Paghihimay Kung Paano Hinihimok ng mga Anticristo ang Iba na sa Kanila Lang Magpasakop, Hindi sa Katotohanan o sa Diyos

IV. Isang Paghihimay sa Pagpapanggap ng mga Anticristo Bilang Pagsasakatawan ng Katotohanan Kapag Nagtamo Na Sila ng Kaunting Karanasan at Kaalaman

Noong nakaraan, nagbahaginan tayo sa ikawalong aytem ng mga pagpapamalas ng mga anticristo—hinihimok nila ang iba na sa kanila lang magpasakop, hindi sa katotohanan o sa Diyos. Sa kabuuan ay nahahati ang ikawalong aytem sa apat na sekundaryong paksa. Natapos na nating pagbahaginan ang unang tatlong sekundaryong paksa, kaya ano ang pang-apat? (Ang mga anticristo ay nagpapanggap bilang pagsasakatawan ng katotohanan kapag nagtamo na sila ng kaunting karanasan at kaalaman, at natuto ng ilang aral.) Ito ang ikaapat na sekundaryong paksa ng ikawalong aytem. Siyempre, kinapapalooban din ito ng isang aspekto ng mga pagpapamalas ng paksa ng ikawalong aytem—magkakaugnay ang mga ito. Ano ang paksang ito? Na hinihimok nila ang iba na sa kanila lang magpasakop, hindi sa katotohanan o sa Diyos. Hatiin natin ang sekundaryong paksa na ito at pag-usapan ito nang paunti-unti. Ano, ayon sa pagkakabanggit, ang karanasan, kaalaman, at mga aral? Anong uri ng mga tao ang nagtataglay ng mga ito? Anong uri ng mga tao ang gustong sangkapan ang sarili nila ng mga ito? Anong uri ng mga tao ang nagbibigay-diin sa pagsasangkap ng mga bagay na ito sa sarili nila sa halip na ng katotohanan? Anong uri ng mga tao ang nagtuturing sa mga bagay na ito bilang katotohanan? Una, isang bagay ang tiyak: Anuman ang kakayahan ng mga taong ito, at anuman ang kanilang pang-unawa, mayroon silang malaking pagmamahal sa kaalaman, at nahihigitan ng pagmamahal nila sa kaalaman ang pagmamahal nila sa katotohanang realidad. Ang hinahangad nilang layon at direksiyon sa pananampalataya nila sa Diyos ay para magkamit ng tinatawag na karanasan at kaalaman. Gusto nilang gamitin ang kaalaman at karanasang ito para ihanda at ayusin ang sarili nila para maging mas mahusay ang panlasa nila, mas mabuti ang estilo, may mas mataas na kalinangan, at magawang mas pahalagahan sila at sambahin. Dahil sa kaalaman at karanasang ito, iniisip nilang mas mahalaga, mas kasiya-siya, at mas puno ng pagtitiwala sa sarili ang buhay nila. Sa pananaw nila, nananampalataya sila sa Diyos para sangkapan ang sarili nila ng kaalamang ito, at ng mga kasabihan na nauugnay sa teolohiya at sa iba't ibang aspekto ng sentido komun, kaalaman, at mga aral. Naniniwala sila na sa pagsasangkap sa sarili nila ng mga bagay na ito, makaka-okupa sila ng isang lugar sa sambahayan ng Diyos at sa grupong ito ng mga tao. Samakatwid, ang iniisip, sinasamba, at sinusunod nila sa puso nila araw-araw ay may kaugnayan lahat sa kaalaman, karanasan, at iba pa.

Tingnan muna natin kung anong mga uri ng kaalaman, karanasan, at mga aral ang mayroon, gayundin kung alin sa mga uring ito ang matatawag na pagpapanggap na pagsasakatawan ng katotohanan. Una, masasabi nang may katiyakan na ang mga

bagay na ito ay walang kinalaman sa katotohanan, hindi naaayon sa katotohanan, at sumasalungat sa katotohanan. Puwedeng maging tama ang mga bagay na ito alinsunod sa mga kuru-kuro ng mga tao, mga bagay na, alinsunod sa kanilang mga kuru-kuro, ay positibo at maganda at mabuti. Pero sa katunayan, sa paningin ng Diyos, ang mga bagay na ito ay hindi nauugnay sa katotohanan, at ang mga bagay na ito ay pangunahing pinagmumulan pa nga ng pagkondena ng mga tao sa katotohanan, ang ugat at pinagmumulan ng paglaban ng mga tao sa Diyos at ng kanilang mga kuru-kuro tungkol sa Kanya. Karanasan, kaalaman, at mga aral—may pagkakaiba ba sa edad at kasarian ng mga taong nagkakamit ng mga bagay na ito? (Wala, walang pagkakaiba.) Malamang na wala. May mga kaloob ang ilang tao. Ano ang mga kaloob? Halimbawa, pagkatapos makinig ng ilang tao sa isang teorya o kasabihan at maunawaan ang mga pinakapunto o pangunahing konsepto ng gayong teorya, masyadong mabilis ang nagiging reaksiyon ng isipan nila. Agad nilang nalalaman kung paano ipaliwanag ang gayong teorya o kasabihan at kung paano ito baguhin sa sarili nilang wika na ginagamit nila sa pakikipag-usap sa ibang tao. Pagkatapos makinig sa mga bagay na ito, mabilis nilang naaalala ang mga ito; nagkukulang sila sa pagiging lubos na mapanuri, mayroon lamang silang mahusay na memorya, na isang uri ng espesyal na kaloob. Mayroon bang sinumang nagtataglay ng kaloob na tulad nito? (Oo.) May mga taong tulad nito na, pagkatapos mong magsabi ng isang bagay, kaya agad nilang magamit ang bagay na iyon para maghinuha tungkol sa ibang bagay. Kaya nila, kapag pinakitaan ng impormasyon tungkol sa isang aspekto ng isang paksa, na ilapat ito sa ibang mga bagay. Napakahusay nila sa paggamit ng paksang tinatalakay para isulong ang mga sarili nilang ideya. Napakahusay nila pagdating sa mga panlabas na bagay at sa mga teorya—sa mga lohikal at linguistikong bagay na ito. Ibig sabihin, mahusay sila sa paglalaro ng mga laro ng salita at paggamit ng mga teorya para maakit at masilo ang iba. May ilang tao na may ganitong uri ng kaloob. Napakahusay nilang magsalita, na may napakaliksing pag-iisip at mga reaksiyon. Sa pagkarinig ng isang aspekto ng katotohanan, gamit ang kanilang kaunting katusuhan at mga kaloob, nauunawaan nila ang aspektong ito ng katotohanan bilang isang uri ng kaalaman at pagkatuto, at pagkatapos ay ginagamit ang ganitong uri ng pagkatuto para magbahaginan sa iba at gawin ang tinatawag na gawain ng pagdidilig at pagpapastol. Ano ang epekto nito sa mga tao? Mayroon bang anumang mabuting resulta? (Wala, walang mabuting resulta.) Bakit ganito? (Hindi ito praktikal, at walang landas ang mga tao para magsagawa kapag naririnig nila ito.) Matapos pakinggan ang sinabi ng mga taong ito, iniisip ng iba na tama ang lahat ng sinabi nila, na walang maling salita at walang salitang sumasalungat sa mga prinsipyo—lahat ito ay tama. Pero, kapag isinasagawa ang mga ito, pakiramdam nila ay hungkag ang mga salitang ito, na walang layon o direksiyon kapag nagsasagawa, at na ang mga salitang ito ay hindi maaaring gamitin bilang mga prinsipyo ng pagsasagawa. Kaya, ano ang mga salitang ito? (Mga doktrina.) Ang mga ito ay isang uri ng doktrina, isang uri ng kaalaman. Ang gayong mga pagpapamalas ng mga anticristo ay napakaliwanag at kitang-kita. Itinuturing nila ang

katotohanan bilang kaalaman, bilang isang bagay na akademiko, bilang teorya. Habang hindi lubos na nauunawaan ang mga bagay, palagi nilang hinihingi na gawin ito o iyon ng iba. Kapag hindi nauunawaan ng iba at hinihingi sa kanila na magpaliwanag nang detalyado, hindi makapagpaliwanag nang malinaw ang mga anticristo at sa halip ay tumutugon sa isang pagpapabulaan: “Hindi mo minamahal ang katotohanan. Kung mahal mo ang katotohanan, mauunawaan mo ang sinasabi ko at magkakaroon ka ng landas para magsagawa.” Pagkarinig nito, iniisip ng ilang naguguluhan at nagkukulang sa pagkilatis na, “Tama iyan. Kung talagang mahal ko ang katotohanan, mauunawaan ko ang kanilang mga salita.” Iniisip ng mga taong walang pagkilatis na tama ang sinasabi ng taong ito—na hindi nila nauunawaan ang katotohanan. Inilalagay nila ang responsabilidad sa sarili nila at sa ganoon ay naililihis ng mga anticristo na maligaw ng landas.

Pag-usapan natin ngayon ang tungkol sa karanasan. Ang karanasan ay isang pamamaraan na nabuod sa loob ng mahabang panahon ng pagdaan sa mga bagay-bagay. May karanasan ba ang mga taong gumawa nang dalawang araw? (Wala silang karanasan.) Kung ganoon ay tiyak na may karanasan ang mga gumawa nang 10 o 20 taon. Pakiramdam ng ilang tao na may karanasan sila mula sa paggawa sa loob ng maraming taon, na pagdating sa kung ano ang dapat nilang gawin kapag may mga bagay na dumating sa kanila, kung paano haharapin ang ilang uri ng tao, at kung anong mga uri ng doktrina ang dapat nilang sabihin sa kung aling mga uri ng tao, alam nila itong lahat. Bilang resulta, kapag isang araw ay may nangyaring bagong bagay na hindi nila alam, binubuklat nila ang mga tala ng kanilang nakalipas na 20 taon ng paggawa, pinag-iisipan ang mga ito, at pagkatapos ay walang patumanggang inilalapat ang mga nakaraang kasabihan at pagsasagawang ito. Kapag kumikilos sila nang ganito, iniisip pa rin ng mga hindi nakauunawa sa katotohanan na ang ginagawa nila ay naaayon sa katotohanan, habang ang mga nakauunawa sa katotohanan ay tumitingin at nagsasabi, “Ang taong ito ay pikit-matang kumikilos. Wala siyang mga prinsipyo sa kanyang gawain; lubos siyang umaasa sa karanasan at hindi nauunawaan ang layunin ng Diyos, ni hindi niya nauunawaan kung paano kumilos sa paraang pinangangalagaan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos at umaayon sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos sa kung paano tratuhin ang mga tao. Pikit-mata niyang inilalapat ang mga regulasyon.” May problema rito. Kung ang karaniwang tao ay gumawa lamang sa maikling panahon, maaaring wala siyang puhunan para sabihing, “Mayroon akong karanasan; hindi ako natatakot. Gumawa ako sa napakaraming taon. Anong uri ng tao ang hindi ko nakita, at ano ang mga bagay na hindi ko naharap?” Pero nangangahas ang mga taong ito na sabihin ito. Kahit pa naharap mo na ang maraming bagay at higit sa ilang iba’t ibang uri ng tao, magagarantiyahan mo bang kumikilos ka alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo sa pagharap sa bawat usapin at kapag tinuturing ang bawat tao? Sa aktuwalidad, hindi ito isang bagay na mangangahas kang garantiyahan. Pero para sa mga nagtuturing sa karanasan at nakagawian bilang katotohanan, kung may tumututol sa kanila, sasabihin nila: “Napakaraming taon na akong gumagawa. Mas marami na

akong natawid na tulay kaysa sa mga natahak mong landas, pero nangangahas ka pa ring hindi sumang-ayon sa akin? Bakit hindi ka na lang umuwi at magdasal!” Sa harap nila, walang nangangahas na magsabi ng salitang “hindi,” magbigay ng iba’t ibang opinyon, o magpahayag ng salita ng hindi pagsang-ayon. Anong pag-uugali ito? Ito ay pagturing sa karanasan bilang ang katotohanan at paniniwala sa sarili bilang pagsasakatawan ng katotohanan. Sinasabi ng ilan na: “Hindi ko itinuturing ang aking sarili bilang pagsasakatawan ng katotohanan—sino ang mangangahas na magtaglay ng gayong titulo? Ang diyos lamang ang katotohanan. Hindi ako kailanman kumilos nang ganyan, ni hindi ako kailanman nag-isip nang gayon.” Sa subhetibong pananaw, hindi ka nag-iisip sa ganoong paraan, ni hindi mo binabalak na kumilos nang ganoon. Pero sa obhetibong pananaw, ang iyong mga paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay, ang iyong pag-uugali, at ang diwa ng iyong mga pagkilos sa huli ay naglalarawan sa iyo bilang isa na nagtuturing sa sarili niya bilang pagsasakatawan ng katotohanan. Bakit pinasusunod mo nang eksakto sa iyong mga mungkahi ang mga tao? Kung hindi mo itinuturing ang iyong sarili bilang Diyos at isa ka lamang ordinaryong tao, kalipikado ka bang pasunurin ang iba sa iyo? (Hindi, hindi ako kalipikado.) May isang pangyayari kung saan puwede kang sundin ng mga tao, na ito ay kung nauunawaan mo ang katotohanan—kung isang tao kang nakauunawa sa katotohanan. Pero muli, kahit isang tao ka pang nakauunawa sa katotohanan, isa ka pa ring ordinaryong tao lang, at puwede bang maging pagsasakatawan ng katotohanan ang isang ordinaryong tao? (Hindi, hindi puwede.) Kung kayang maunawaan ng isang tao ang lahat ng mga salita na sinabi ng Diyos at lahat ng katotohanan na hinihingi ng Diyos na maunawaan ng tao, puwede bang maging pagsasakatawan ng katotohanan ang taong iyon? (Hindi, hindi puwede.) Sinasabi ng ilan: “Puwedeng dahil iyon sa hindi sila naperpekto. Si Pedro ay isang naperpektong tao. Matatawag bang pagsasakatawan ng katotohanan si Pedro?” Ang pagkakaperpekto ay hindi nangangahulugang nagiging pagsasakatawan ng katotohanan ang isang tao, at alam mo ba kung bakit? (May pagkakaiba sa diwa.) May pagkakaiba sa diwa; ito ay isang aspekto nito. Kung puwede mang maging pagsasakatawan ng katotohanan ang tao—ito ay isang bagay na dapat nating talakayin. Bakit sinasabi na hindi puwedeng maging pagsasakatawan ng katotohanan ang tao? Ang pagsasakatawan ng katotohanan ba ay simpleng usapin lang ng diwa? Sinasabi ng ilang tao na: “Ang tao ay isinilang bilang isang nilikha, at ang Isa sa langit ay likas na ang Lumikha. Hindi natin kailangang pagtalunan ang bagay na ito—ang Diyos ay palaging magiging pagsasakatawan ng katotohanan. Kung ganoon ito ba ay dahil sa nauunawaan ni Cristo ang katotohanan at tinataglay ang katotohanan na Siya ang pagsasakatawan ng katotohanan? Kung nakamit na natin ang lahat ng katotohanan mula sa Diyos, matatawag din ba tayong pagsasakatawan ng katotohanan?” Sinasabi ng iba: “Hindi puwede. Akala ko noon na kapag mas maraming katotohanan ang naunawaan ng mga tao ay puwede silang maging cristo at maging diyos. Alam ko na ngayon na hindi mapapalitan at hindi mababago ang diwang ito.” Umabot na sa puntong ito ang kanilang pagkaunawa. Kaya,

may kakayahan ka bang higit pang maunawaan ang bagay na ito? Dapat mong maunawaan ang bagay na ito sa sandaling matapos Akong makipagbahaginan sa inyo. Kapag pinag-uusapan natin ang pagsasakatawan ng katotohanan, ano nga ba itong “pagsasakatawan”? Medyo abstrakto ang terminong ito, kaya ilagay natin ito sa pinakasimpleng termino. Ang Diyos Mismo ang katotohanan, at tinataglay Niya ang lahat ng mga katotohanan. Ang Diyos ang pinagmumulan ng katotohanan. Bawat positibong bagay at bawat katotohanan ay nagmumula sa Diyos. Maaari Siyang humatol sa kawastuhan at kamalian ng lahat ng bagay at lahat ng kaganapan; maaari Siyang humatol sa mga bagay na nangyari, mga bagay na nangyayari ngayon, at mga bagay sa hinaharap na hindi pa alam ng tao. Ang Diyos ang tanging Hukom na maaaring humatol sa kawastuhan at kamalian ng lahat ng bagay, at ang ibig sabihin niyan ay Diyos lamang ang maaaring humatol sa kawastuhan at kamalian ng lahat ng bagay. Alam Niya ang pamantayan para sa lahat ng bagay. Kaya Niyang ipahayag ang mga katotohanan sa anumang oras at lugar. Ang Diyos ang pagsasakatawan ng katotohanan, na nangangahulugang Siya Mismo ay nagtataglay ng diwa ng katotohanan. Kahit pa nauunawaan ng tao ang maraming katotohanan at ginawa siyang perpekto ng Diyos, magkakaroon ba siya kung gayon ng kinalaman sa pagsasakatawan ng katotohanan? Hindi. Tiyak ito. Kapag ginagawang perpekto ang tao, kaugnay ng kasalukuyang gawain ng Diyos at ng iba’t ibang pamantayang hinihingi ng Diyos sa tao, magkakaroon siya ng tumpak na paghuhusga at mga pamamaraan ng pagsasagawa, at ganap niyang mauunawaan ang layunin ng Diyos. Matutukoy niya ang pagkakaiba sa pagitan ng kung ano ang galing sa Diyos at kung ano ang galing sa tao, at ng kung ano ang tama at ano ang mali. Subalit may ilang bagay na nananatiling hindi maabot at hindi malinaw sa tao, mga bagay na malalaman lamang niya matapos sabihin ng Diyos sa kanya. Maaari bang malaman o mahulaan ng tao ang mga bagay na hindi pa nalalaman, mga bagay na hindi pa nasasabi ng Diyos sa kanya? Talagang hindi. Bukod pa ryan, kahit natamo ng tao ang katotohanan mula sa Diyos, at nagtaglay ng katotohanang realidad, at nalaman ang diwa ng maraming katotohanan, at nagkaroon ng kakayahang matukoy ang tama sa mali, magkakaroon ba siya ng kakayahang kontrolin at pamahalaan ang lahat ng bagay? Hindi siya magkakaroon ng ganitong kakayahan. Iyan ang kaibahan sa pagitan ng Diyos at ng tao. Matatamo lamang ng mga nilikha ang katotohanan mula sa pinagmumulan ng katotohanan. Matatamo ba nila ang katotohanan mula sa tao? Ang tao ba ang katotohanan? Makapagbibigay ba ang tao ng katotohanan? Hindi niya kaya, at naroon ang kaibahan. Maaari ka lamang tumanggap ng katotohanan, hindi magbigay nito. Matatawag ka bang isang taong nagtataglay ng katotohanan? Matatawag ka bang pagsasakatawan ng katotohanan? Talagang hindi! Ano ba talaga ang diwa ng pagsasakatawan ng katotohanan? Ito ang pinagmumulan na nagtutustos ng katotohanan, ang pinagmumulan ng pamamahala at kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay, at ito rin ang tanging kriteryo at pamantayan kung saan hinahatulan ang lahat ng bagay at pangyayari. Ito ang pagsasakatawan ng katotohanan. Madalas tinatanggihang

tanggapin ng mga anticristo ang puntong ito. Naniniwala sila na ang kaalaman ay lakas, na ang karanasan ay isang sandata na naisasangkap ng mga tao sa kanilang sarili para maging makapangyarihan, at na kapag may karanasan, kaalaman, at mga aral ang mga tao, makokontrol nila ang lahat. Makokontrol nila ang mga kapalaran ng mga tao, makokontrol at maiimpluwensiyahan ang mga kaisipan ng mga tao, at maiimpluwensiyahan maging ang pag-uugali ng mga tao. O, iisipin ng ilang tao na ang mga bagay na ito ay makapagtuturo sa mga tao, makapagpapabago ng isipan ng mga tao, at makapagpapabago sa mga disposisyon ng mga tao. Anong uri ng mga kaisipan ang mga ito? (Ang mga kaisipan ng mga anticristo.) Ito ang mga kaisipan ng mga anticristo. Bakit maaaring panghawakan ng Diyos ang kataas-taasang kapangyarihan sa kapalaran ng sangkatauhan? Ang Diyos ang realidad ng lahat ng positibong bagay, at ang Kanyang mga salita ay ang realidad ng lahat ng positibong bagay. Ano ang diwa ng Diyos? Ang diwa Niya ay ang katotohanan, at iyon ang dahilan kung bakit nagagawa Niya na panghawakan ang kataas-taasang kapangyarihan sa kapalaran ng sangkatauhan. Hindi nakikita o nakikilala ng mga anticristo ang puntong ito, lalo pa ang tanggapin ito. Itinuturing nilang katotohanan ang mga bagay na nagmumula sa mga tao, mula sa kaalaman, at mula sa lipunan at na pinahahalagahan ng masamang sangkatauhan, at tinatangka nilang gamitin ang mga bagay na ito para ilihis ang mga tao, kontrolin ang mga tao, at magkamit ng lugar sa iglesia at sa hinirang na mga tao ng Diyos. Ano ang layunin ng panlilihis nila sa mga tao? Ano ang layunin nila sa pag-aaral at pagsasangkap ng mga bagay na ito sa sarili nila? Ito ay para pasunurin ang mga tao sa kanila at gawing makinig sa mga salita nila. Ano ang layunin nila sa pag-uudyok sa mga tao na makinig sa mga salita nila? (Para kontrolin sila.) Tama iyan, ang layunin nila ay kontrolin sila. Ibig sabihin nito na kapag binibigkas nila ang ilang salita, ang mga tao ay susunod at mamamanipula nila, magiging mga kasangkapan nila at mga alipin nila. Dahil tinatanggap ng mga tao ang mga pananaw nila at tinatanggap ang tinatawag nilang karanasan, kaalaman, at mga aral, sinasamba sila ng mga taong ito. Ang pagsamba ba sa kanila ay hindi nangangahulugan ng pakikinig sa kanila? (Oo, ganoon nga.) Ang pakikinig ba sa kanila ay hindi nangangahulugan na madaling manipulahin ang mga taong ito? Hindi ba't nagtagumpay ang mga anticristo? (Oo, nagtagumpay sila.) Sa oras na may isang taong nakikinig sa kanila, hindi ba't nangangahulugan ito na nakuha na siya mula sa Diyos? (Oo, ganoon nga.) Nagpapasaya ito sa mga anticristo; ito ang kanilang layunin. Sa totoo lang, sa kaibuturan ng kanilang puso, hindi naman talaga sila naniniwala nang walang pag-aalinlangan na sila ang pagsasakatawan ng katotohanan at na sila ang katotohanan, pero ganoon sila mag-isip at ganoon sila kumilos. Bakit ganito sila mag-isip at kumilos? Naniniwala sila na ang kanilang kaalaman, karanasan, at lahat ng nagmula sa kanilang mga kaloob ay tama, at gusto nilang gamitin ang mga bagay na ito para kontrolin ang mga tao at mahigpit na hawakan ang mga tao sa kanilang mga kamay. Ang ilan sa kanilang kaalaman, karanasan, at mga aral ay halatang mga malademonyong salita na naglalayong linlangin ang mga tao. Ang ilan, kahit na hindi halata, ay may mga pakana,

tusong balak, at pagsasabwatan na nakatago sa loob, at ang mga hindi nakakikilatis sa mga ito ay maliligaw. Ano ang mga kahihinatnan ng pagkaligaw? Lumalayo ang mga tao sa Diyos at hindi na nauunawaan ang katotohanan, itinuturing ang kaalaman, karanasan, at mga aral ng tao bilang katotohanan at isinasantabi ang mga salita ng Diyos. Nagiging masyadong malabo ang mga tao tungkol sa mga salita ng Diyos, pero labis silang nagmamalasakit at nagpapahalaga sa kaalaman at karanasang ito, nagsisikap pa nga sa pagsasagawa at pagpapatupad ng mga ito. Ito ang layunin sa mga pagkilos ng mga anticristo. Kung wala silang gayong ambisyon na manipulahin ang mga tao, kontrolin ang mga tao, at gawin silang masunurin, sasangkapan ba nila ang kanilang sarili ng mga bagay na ito? Hindi sila magsisikap nang kahit kaunti para rito. Mayroon silang layon; napakalinaw ng kanilang layunin. Ano ang malinaw na layunin na ito? (Para kontrolin ang mga tao.) Ito ay para kontrolin ang mga tao. Kinokontrol man nila ang isang buong grupo ng mga tao o isang bahagi lamang nila, magagawa ba nilang makontrol ang sinuman nang walang batayang teoretikal? Dapat muna silang makahanap ng isang hanay ng mga kaisipan at teorya na pinaka-naaayon sa mga kuru-kuro at imahinasyon ng mga tao at pinaka-angkop sa panlasa ng mga tao, at gamitin ang lahat ng posibleng paraan para maipalaganap ang mga ito sa mga tao. Nangangahulugan ito ng pagbe-brainwash sa mga tao, pag-iimpluwensiya sa mga kaisipan nila, patuloy na pag-iindoktrina sa kanila, at patuloy na pag-uudyok sa mga tao na pakinggan, gawing pamilyar ang mga sarili nila rito, at tanggapin ang mga kaisipan at pananaw na ito. Sa katunayan, ang mga tao ay pasibong naiindoktrinahan at pasibong nabe-brainwash, at tinatanggap nila nang hindi namamalayan ang mga pananaw na ito. Dahil walang panloob na abilidad ang mga tao na makilala ang tama sa mali, bago maunawaan ang katotohanan, wala silang kakayahang labanan ang mga bagay na ito—wala silang pangontra para dito. Kapag tinanggap ng mga tao ang mga nakaliliinlang na pananaw na ito, mabilis silang nabibihag ng mga ito. Ano ang ibig sabihin ng “nabihag”? Ibig sabihin nito na pagkatapos tanggapin ang mga pananaw na ito, nagiging mas determinado ang mga tao sa paniniwalang ang mga bagay na ito ay tama at patuloy na ginagamit ang mga pananaw na ito para kumbinsihin ang kanilang sarili at ang iba. Sila ay nailigaw at nakontrol, at ganito nakakamit ni Satanas ang layon nito kapag nililihis ang mga tao.

Ang ilang tao na natuto ng ilang espesyal na propesyonal na kasanayan sa mundo, o ang mga may partikular na katayuan sa lipunan, ay may parehong kaisipan pagkatapos pumunta sa sambahayan ng Diyos, na nagbubunga ng isang parehong pagpapamalas sa kanila. Ano ang kaisipang ito? Isinasaalang-alang nila ang sarili nila bilang ang mga elite sa lipunan. Ano ang mga elite? Sila ay mga taong nangingibabaw sa mga grupo. Nakatanggap sila ng kaunting espesyal na mas mataas na edukasyon, at ang kanilang mga talento, kakayahan, at mga kaloob ay nasa mas mataas na antas kaysa sa iba. Ano ang ibig sabihin ng nasa mas mataas na antas kaysa sa iba? Ibig sabihin nito na sa isang grupo ng mga tao, mayroon silang namumukod-tanging pag-iisip, katalinuhan, at mahusay na pananalita, at mayroon silang espesyal na abilidad na maunawaan ang

ilang bagay at kasanayan. Ito ay tinatawag na nasa mas mataas na antas kaysa sa iba, at ang mga taong ito ay kilala bilang mga elite sa lipunan. Ang bawat bansa ay naglililang ng ganitong uri ng tao. Ano ang layunin ng kanilang paglililang? Para mas mabilis na mapaunlad ang bansa. Kapag iniuukol ng mga ganitong tao ang kanilang sarili sa iba't ibang posisyon, bumibilis ang pag-unlad sa lahat ng uri ng pamumuhay. Mataas ba o mababa ang katayuan ng mga ganitong tao sa lipunan? (Mataas.) Tiyak na wala silang ordinaryong katayuan. Mayroon silang ilang espesyal na talento, natutunan ang ilang espesyal na kaalaman, at nakatanggap ng ilang espesyal na edukasyon. Ang kanilang kakayahan, talento, at natutunang kaalaman ay mas mataas kaysa sa mga ordinaryong tao. Kung ang mga taong ito ay pumupunta sa iglesia, ano ang kanilang mentalidad? Ano ang una nilang kaisipan? Una, iniisip nila na: "Mas malakas pa rin ang isang nanghihinang oso kaysa sa isang usa. Kahit na pagkatapos manampalataya sa diyos, hindi ko hinahangad ang mundo o tinatangkilik ang kabantugan doon, dahil sa espesyal na edukasyon na aking natanggap, pati na rin ang kaalaman na aking natutunan at ang mga talento na mayroon ako, dapat akong maging lider sa inyo. Sa sambahayan ng diyos, dapat akong maging sandigan at haligi. Ako dapat ang namumuno at gumagabay." Hindi ba't ganito sila mag-isip? Ano ang batayan ng pag-iisip na ito? Kung sila ay isang hamak na magsasaka, mangangahas ba silang mag-isip nang ganito? (Hindi sila mangangahas.) Bakit hindi? (Wala silang puhunan.) Wala silang puhunan para mag-isip nang ganito. Kaya, anong uri ng mga tao ang makapag-iisip nang ganito? Lahat sila ay mga taong may partikular na kaalaman, talento, kaloob, at tinatawag na kakayahan. Pagdating nila sa sambahayan ng Diyos, iniisip nilang: "Hindi ko na hinahangad ang mundo. Masyadong masama ang mundo, kaya pupunta ako sa sambahayan ng diyos at sa halip ay doon ako maghahangad. Sa sambahayan ng diyos, kahit papaano ay makakamit ko ang posisyon ng isang lider o isang manggagawa." Nagkikimkim ba sila ng mga mabuting intensiyon? (Hindi.) Bakit hindi sila nagkikimkim ng mga mabuting intensiyon? Ang mga bagay na natutunan na nila at ang katayuan nila sa lipunan ay lubhang nakakapinsala sa kanila. Kung hindi nila hahangarin ang katotohanan, hindi sila kailanman bababa mula sa ganoong posisyon sa kanilang buhay. Palagi nilang mararamdaman na sila ay nasa itaas sa mga ulap, pero sa katunayan, sa pananaw ng Diyos, hindi sila naiiba sa anumang ordinaryong nilalang. Palagi nilang ilalagay ang sarili nila sa itaas sa mga ulap. Hindi ba't mapanganib ito? Kung bumagsak sila, babagsak sila nang matindi, at maaaring manganib ang kanilang buhay! Bakit pakiramdam ng gayong mga tao na dapat silang magkaroon ng mataas na katayuan, dapat sambahin, dapat may maraming tao na umaaligid sa kanila, dapat konsultahin sa lahat ng bagay at pakinggan ang kanilang mga opinyon, at dapat isipin at unahin sa lahat ng bagay? Bakit iniisip nila ang napakaraming "dapat"? Dahil masyado nilang pinahahalagahan ang kanilang katayuan sa lipunan, kaalaman, at ang mga espesyal na bagay na kanilang natutunan. Iniisip nilang, "Gaano man karami o gaano kataas ang katotohanang sinasabi, mahalaga pa rin ang mga bagay kong ito; mas mahalaga ang

mga ito kaysa sa katotohanan at hindi mapapalitan ng katotohanan. Sa lipunan, ako ang amo ng isang kumpanya. Pinangangasiwaan ko ang libo-libong tao. Sa kumpas ng aking mga kamay, ang lahat ay dapat makinig sa akin. May gayon akong malaking kapangyarihan—kaya isipin mo na lang kung anong posisyon at katayuan ang pinanghahawakan ko! Sa maliliit na taong ito sa sambahayan ng Diyos, ilan ang mas mataas kaysa sa akin? Kapag tumitingin ako sa paligid, wala akong nakikitang mga espesyal na tao. Kung pangangasiwaan ko sila, hindi ito magiging problema; hindi ito magiging malaking bagay!” Ipagpalagay na sasabihin mo sa kanilang: “Sige. Mabuti na mayroon ka ng ambisyong ito. Tutuparin ko ang iyong pagnanais, irerekomenda kita bilang lider ng iglesia. Dalhin mo ang mga taong ito sa harap ng Diyos para malaman nila kung paano basahin ang mga salita ng Diyos at isagawa ang katotohanan, at suportahan mo ang mahihina, ang negatibo, at iyong mga hindi gumaganap ng kanilang tungkulin.” Sasabihin nilang: “Madali lang iyan. Noong nasa negosyo ako, ginawa ko ang lahat ng ganoong uri ng gawain ng pagpapayo sa mga tao sa kanilang paraan ng pag-iisip. Magaling ako sa bagay na ito.” Ano ang mangyayari pagkatapos mailagay ang mahigit tatlumpung tao sa isang iglesia sa kanilang mga kamay? Wala pang dalawang buwan, ang mahihina ay nagiging mas mahina, ang mga negatibo ay nagiging mas negatibo, at ang mga nangangaral ng ebanghelyo ay hindi makakuha ng mga tao. Ang mga hindi marunong magbasa ng salita ng Diyos ay inaantok sa sandaling oras na para sa isang pagtitipon at hindi na gusto pang makinig sa mga sermon mula sa ang Itaas. Kapag tinanong na: “Hindi ba’t medyo may kakayahan kayo?” Sinasabi nilang: “Oo, amo ako noon. Halatang-halata ang kakayahan ko!” Anumang uri ng amo ka sa mundo, walang kuwenta ito. Kung hindi mo nauunawaan ang katotohanan, ikaw ay isang karaniwang tao sa paggawa ng gawain ng iglesia. Kung papayagan ang mga taong ito na mamahala sa gawain ng ebanghelyo, makikibahagi lamang sila sa walang silbi at mababaw na mga pormalidad, hindi sila makakakuha ng anumang resulta, at ang isang iglesia na may dose-dosenang tao ay hindi madidiligan nang mabuti. Anong nangyayari rito? Ang gayong maaalam na tao ay dating mga amo at ehekutibo ng kumpanya sa lipunan, kaya bakit hindi nila maipakita ang kanilang mga kakayahan kapag pumupunta sila sa sambahayan ng Diyos? (Hindi sila pinangangalagaan ng Banal na Espiritu.) Na hindi sila pinangangalagaan ng Banal na Espiritu ay isang aspekto, pero ano ang pangunahing dahilan? Hindi nila nauunawaan ang katotohanan, kaya pagdating sa mga kalagayan ng mga tao, tiwaling disposisyon ng mga tao, mga hinihingi ng Diyos para sa tao, mga salita ng Diyos na naglalantad sa tao, at sa paraan ng pagsasalita ng Diyos, wala silang espirituwal na pang-unawa at hindi nila nauunawaan kung ano ang nangyayari sa mga bagay na ito, at kumikilos lamang sila ng pikit-mata at sa mababaw na paraan. Iniisip nila na ang gawain ng iglesia ay tulad ng pagpapatakbo ng negosyo sa mundo, at na hangga’t nagdudulot sila ng inspirasyon sa isipan ng mga tao, at pinupukaw ang kanilang sigasig, nakagawa sila ng isang mahusay na trabaho. Iniisip nila, sa isang banda, na dapat nilang payuhan ang mga tao sa paraan ng pag-iisip ng

mga ito, at sa isa pa, na gamitin nang maayos ang kanilang mga itinatag na paraan ng pakikitungo sa mga bagay sa mundo, sinusubukang suhulan ang nasa itaas nila at bilhin ang mga nasa ibaba nila. Naniniwala sila na hangga't tinitiyak mo na makakakuha ng pera ang mga tao, makikinig at susunod sila sa iyo—sa tingin nila ay ganoon lang iyon kasimple. Hindi nasasangkot ang katotohanan sa mga panlabas na bagay. Sa pananampalataya sa Diyos, lahat ng ginagawa ng isang tao ay kinasasangkutan ng katotohanan at mga pagbabago sa disposisyon. Gagana ba ang paggamit ng mga parehong pamamaraan tulad ng ginawa nila sa mundo? (Hindi.) Hindi ito gagana. Pagdating sa kung paano haharapin ang mga kalagayan ng mga tao, kung paano haharapin ang mga kahinaan ng mga tao, kung paano susuportahan ang mga tao nang maayos, kung paano haharapin ang mga kuru-kuro ng mga tao tungkol sa Diyos, kung paano magagawang makilala ng mga tao ang kanilang sarili kapag ibinunyag nila ang kanilang mga tiwaling disposisyon, at kung paano gagawing matapat ang mga tao, wala silang kaalam-alam at nagsasalita pa nga ng walang kapararakan at pikit-matang nagpapataw ng mga regulasyon. Halimbawa, kung ang isang tao ay nagsasabi ng isang bagay na pang-baguhan at walang espirituwal na pang-unawa, sasabihin nila na ang taong ito ay may mababang kakayahan at hindi naghahangad ng katotohanan. Pikit-mata lang nilang inilalapat ang mga regulasyon, at ginagawa nila ito nang ganito at ganiyan hanggang sa ang iba ay walang daan pasulong, ginugulo sila at ginagawa silang walang motibasyon. Ang mga gumagawa ng tungkulin nila ay wala nang anumang lakas para rito, habang ang mga negatibo ay nagiging mas negatibo. Sinasabi ng ilang tao na mas mabuti para sa kanila na basahin ang mga salita ng Diyos sa tahanan kung ang ganoong tao ang mamumuno sa kanilang iglesia. Ano ang nagdulot nito? Kapag pinamunuan nila ang isang iglesia, idinudulot nilang mawalan ng motibasyon ang mga tao, ginagawa ang mga itong mawalan ng ganang manampalataya sa Diyos. Bakit ayaw nang manampalataya ng mga tao? Dahil noong una ay may kaunting malinaw na pangitain ang mga tao, pero nagugulo at nalilito sila ng mga pagkilos ng taong ito. Walang anumang katotohanan sa puso ng mga taong ito sa simula pa lang—tanging pang-unawa ng mga doktrina. Matapos silang magulo ng taong ito, lalong naguguluhan ang isip nila, at hindi na nila maarok ang gawain ng Banal na Espiritu. Nagiging medyo malabo rin ang pag-iral ng Diyos Mismo. Kaya, anong uri ng mga pamamaraan ang ginagamit nila para dalhin ang mga tao sa puntong ito? Halimbawa, katotohanan ba ang pahayag na “Ang tao ay nilikha ng Diyos”? (Oo.) Dapat mong gamitin ang iyong mga tunay na kabatiran, pang-unawa, at karanasan para mapatunayan ang pahayag na ito para mas matibay na paniwalaan ng mga kapatid na ang pahayag na ito ay ang katotohanan at tama at makumbinsi silang nagmula ang sangkatauhan sa Diyos, sa ganoon ay madaragdagan ang pananalig nila sa Diyos. Kapag ang isang tao ay may pananalig sa Diyos, kapag tumatanggap sila ng disiplina o dumaranas ng ilang paghihirap o pag-uusig, magkakaroon sila ng lakas sa kanilang puso. Ito ay isang katunayan. Pero ano ang sinasabi ng mga taong ito? “May isang programa sa TV na nagsasabing natuklasan na

nanirahan ang mga tao sa mga tribo 100 milyong taon na ang nakalilipas.” Kapag ipinagyayabang nila ang kanilang kaalaman at nagsasalita tungkol sa kasaysayan nang ganito, nalilito ang lahat ng nakakarinig sa kanila: “Hindi ba’t sinasabi na nilikha ng Diyos ang tao? Kapag ganyan mo ito sinasabi, parang hindi iyon ganoon. Nanggaling ba ang tao sa mga unggoy?” Tingnan mo, saan nila dinala ang mga tao? Hindi ba’t nakakasama ito sa mga tao? (Nakakasama ito.) Sa tuwing may pagkakataon sila, ipinagyayabang nila ang kanilang kaalaman at nagsasalita tungkol sa kasaysayan, pilosopiya, at kung paano sila nakikitungo at nakikipagsabwatan sa mga opisyal ng gobyerno sa mundo, na ipinagyayabang lang ang mga bagay na ito. Kapag nagyayabang sila nang ganito, at kapag ang mga bagay na ito ay naririnig ng ilang kapatid na mababa pa ang tayog, mahina, at may maliit na pananalig, saan napupunta ang kanilang puso? (Tumatakbo patungo sa mundo.) Tama iyan. Ano ang katumbas nito? Ang mga taong ito na ipinagkatiwala sa kanila ay nawala nila. Halatang karaniwang tao sila. Hindi lamang sa hindi nila nauunawaan ang mga bagay sa buhay pagpasok, hindi rin nila nauunawaan kung ano ang kanilang trabaho, lalong hindi ang mga espirituwal na bagay sa buhay o mga pagbabago sa disposisyon. Hindi nila nauunawaan ang alinman sa mga ito, pero nagpapanggap pa rin sila na taong nakakaunawa sa katotohanan at nagnanais na maging isang pastol para pamunuan ang hinirang na mga tao ng Diyos. Hindi ba’t katawa-tawa ito? Kung hindi mo nauunawaan ang mga espirituwal na bagay sa buhay, ano ang dapat mong gawin kapag napili bilang isang lider? Sasabihin mong: “Isa akong karaniwang tao, at hindi pa ako kailanman nakapamuno sa isang iglesia. Kailangan kong hanapin at tingnan kung ano ang itinakda ng mga pagsasaayos ng gawain tungkol dito, at hanapin ang mga taong nakauunawa rito para makipagbahaginan sa kung paano dapat isagawa ang gawain, o hanapin ang mga kapatid na nakauunawa sa katotohanan at makipagtulungan sa kanila.” Ito ba ang tamang saloobin? (Ito nga.) Pero hindi ito ginagawa ng ilang tao. Nagmamagaling sila at nagsasabing, “Gusto mong makipagtulungan ako sa iba—sino ang mas may eksperyensiyang mga kalipikasyon kaysa sa akin? Sino ang may mas mataas na katayuan sa lipunan kaysa sa akin? Talagang kilala ako sa lipunan. Dapat akong bigyan ng kaunting paggalang ng sinumang nakakakita sa akin.” Nagyayabang lang sila at nagpapakitang-gilas ng kanilang mga kakayahan nang ganito. Kapag pinamunuan nila ang iglesia nang ganito, may pag-asa pa bang makapasok sa katotohanang realidad ang mga kapatid? (Wala silang pag-asa.) Wala silang pag-asa. At kahit na ito ang kaso, ipinauulat pa rin ng mga taong ito ang lahat sa kanila. Nakapag-aral nang kaunti sa unibersidad ang mga demonyong ito, at nagtataglay sila ng kaunting kaalaman, at dahil dito ay nangangahas silang magyabang at manloko sa lipunan, at gumawa ng lahat ng uri ng masasamang bagay. May ilang paraan sila para sa pagiging buhay, kaya gusto nilang pumunta sa sambahayan ng Diyos para makamit ang isang bagay. Para makakuha ng katayuan at magdala ng kaluwalhatian sa kanilang mga ninuno, gusto pa nga nilang magpanggap na pagsasakatawan ng katotohanan para makinig at sumunod sa kanila ang hinirang na mga tao ng Diyos. Ano ang ibig sabihin ng “pagsasakatawan

ng katotohanan” sa kanila? Ibig sabihin nito, “Bawat isa sa aking mga kaisipan, mga diskarte, at mga opinyon, dapat ninyong lahat na itaguyod ang mga ito bilang katotohanan. Nagtakda ako ng panuntunan para sa iyo: Ang lahat ng mga bayarin, maging ang mga wala pang limang dolyar, ay dapat na iulat sa akin.” Sinasabi ng iba: “Hindi na dapat kailangang iulat ang limang dolyar. Mayroon din kaming saklaw ng awtoridad. Hindi ba kami puwedeng kumilos lang ayon sa prinsipyo?” Ano sa tingin nila? “Paano magiging ayos iyon? Malaking bagay ito. Ako ang lider. Ako lang ang may huling salita!” Kahit hindi nila sinasabi ito, ganito sila mag-isip sa kanilang puso. Ganito nila kinokontrol ang mga tao. Kaya nilang gawin ang anumang masama o nakalililang sa iba. Kapag nilililang at sinasaktan nila ang iba, hindi sila kumukurap, hindi bumibilis ang tibok ng kanilang puso, at hindi talaga sila nababalisa. Kapag binigyan ng posisyon sa sambahayan ng Diyos, nangangahas silang tanggapin ito. Kapag nakuha na nila ito, ayaw na nilang bumaba sa puwesto at gustong magpanggap na pagsasakatawan ng katotohanan para pasunurin ang iba. Umiiral ba ang gayong mga tao? (Umiiral sila.)

May ilang tao na, kahit na nananampalataya sila sa Diyos, ay hindi kusang-loob at malugod na iginugugol ang sarili nila para sa Kanya, sa halip ay ginagampanan ang kanilang tungkulin nang may pag-aatubili. Iniisip lamang nila ang pagtatrabaho para makatanggap ng mga pagpapala pero hindi handang magsikap tungo sa katotohanan. Kapag ginagampanan ang kanilang mga tungkulin, madalas silang kumilos nang pabasta-basta at walang pakialam, at nasisiyahan sila sa pagkamit lang ng ilang resulta para hindi sila paalisin. Pero, maging tunay man o hindi ang pananampalataya ng mga tao sa Kanya at ang paggugol nila para sa Kanya, binibigyan pa rin ng Diyos ang mga tao ng pagkakataong magsisi. Hindi ka kokondenahin ng Diyos dahil hindi mo nauunawaan ang katotohanan o kumikilos ka nang pabasta-basta kapag ginagawa ang iyong tungkulin. Patuloy kang sisiyasatin ng Diyos para makita kung kaya mo bang tanggapin ang katotohanan at kung kaya mo talagang magsisi at tumahak sa tamang landas ng buhay. Depende ito sa kung paano ka pumipili. Hindi naunawaan ng ilang tao ang anumang katotohanan noong nagsimula silang gampanan ang kanilang mga tungkulin, pero dahil madalas silang nakikinig sa mga sermon at madalas na nagtitipon at nagbabahaginan, unti-unti nilang nauunawaan ang katotohanan. Nagiging lalo pang mas maliwanag ang kanilang puso, at nakikita nila na sila ay labis na nagkukulang, walang anumang katotohanan, at walang mga prinsipyo sa pagganap ng kanilang mga tungkulin, gumagawa lang ng ilang gawain ayon sa kanilang sariling kagustuhan. Pakiramdam nila ay hindi alinsunod sa mga layunin ng Diyos ang ganitong pagganap ng kanilang mga tungkulin, at nakakaramdam ng pagsisisi ang kanilang puso. Nagsisimula silang magsikap tungo sa katotohanan, at nagkakamit sila ng lalo pang mas mahusay na mga resulta kapag gumaganap ng kanilang mga tungkulin. Katulad lang nito, sa isang banda, nagkakamit sila ng buhay pagpasok, at sa isa pang banda, unti-unti silang nagiging pasok sa pamantayan sa pagganap ng kanilang mga tungkulin. Ito ay isang taong kayang tanggapin ang katotohanan sa pagganap ng kanyang mga tungkulin.

Habang unti-unting lumilinaw ang pagkaunawa niya sa katotohanan, malinaw niyang nakikita ang sarili niyang mga pagbubunyag ng katiwalian. Makapagdarasal siya sa Diyos at makasasandig sa Diyos sa kanyang puso, magiging handang iwaksi ang kanyang katiwalian, isagawa ang katotohanan, at tahakin ang landas ng paghahangad sa katotohanan. Ito ang unti-unting paglago ng buhay sa takbo ng pagganap ng tungkulin ng isang tao. Lahat ng mga sumusunod sa Diyos ay nagagawang maunawaan ang katotohanan at makapasok sa katotohanang realidad habang ginagampanan ang kanilang mga tungkulin. Kung ang isang tao ay hindi nagmamahal sa katotohanan, magkakaroon ba ng gayong pagbabago? Talagang hindi. Ang ilang tao ay partikular na mayabang at palalo. Kapag nagpupunta sila sa sambahayan ng Diyos, lalo na pagkatapos gawin ang kanilang tungkulin, nagiging kapansin-pansin ang lawak nito. Habang nakakrus ang mga braso sa kanilang dibdib, o nakapamaywang, nagpapakita sila ng pagtutol at kawalang-kasiyahan. Bakit napakayabang nila? Sa kanilang puso, sinasabi nilang: “Para manampalataya ako sa diyos at gawin ang aking tungkulin, tinalikuran ko ang mundo, ang aking pamilya, at ang aking trabaho. Hindi ba’t mataas ang presyong ito? Napakarami kong tinalikuran para sa diyos. Hindi ba’t dapat bigyan ako ng kaunting kabayaran ng diyos? Dagdag pa rito, ayon sa aking katayuan at kita sa lipunan, hindi ba’t dapat bigyan man lang ako ng parehong pagtrato ng sambahayan ng diyos? Ngayong ginagampanan ko ang aking tungkulin, hindi ba ako mabibigyan ng diyos ng espesyal na pabor? Isa akong espesyal na talento, mas mahusay kaysa sa mga ordinaryong tao. Dapat magkaroon ako ng katayuan sa sambahayan ng diyos. Kung kayang mamuno ng iba, kaya ko ring mamuno. Hindi dapat mas mababa kaysa sa iba ang katayuan ko, at dapat kong tamasahin ang pagtratong mas mataas kaysa sa mga ordinaryong tao. Higit sa lahat, matitiyak ba sa akin ng diyos na tatanggap ako ng mga pagpapala at magkakaroon ng magandang hantungan sa hinaharap?” Mula sa mga kaisipan sa kanilang puso, makikita natin na sila ay naparito para gumawa ng kasunduan sa Diyos, hindi para taimtim na igugol ang sarili nila para sa Kanya. Ang iniisip nila ay katulad nang kay Pablo, gustong gawin ang kanilang tungkulin kapalit ng mga pagpapala ng Diyos. Pero mas masahol ang katwiran nila kaysa kay Pablo—mas mababa ito kaysa nang kay Pablo. Bakit Ko ito sinasabi? Dahil totoong nagdusa si Pablo sa loob ng maraming taon na ipinangaral niya ang ebanghelyo, at ang mga bunga ng kanyang pangangaral ng ebanghelyo ay higit na mabuti kaysa sa mga ordinaryong tao. Kahit papaano, nilakbay ng kanyang mga yapak ang karamihan ng Europa; nagtatag siya ng maraming iglesia sa buong Europa. Sa bagay na ito, hindi maikukumpara ang mga ordinaryong anticristo sa katwiran ni Pablo o kung gaano siya nagtrabaho. Pero ang taong kababanggit Ko lang ay nagiging sobrang mayabang pagkatapos gawin ang kanyang tungkulin. Hindi ba’t masyadong walang katwiran iyon? Lubos silang hindi makatwiran, at tulad ng isang tulisan, kapag nasunggaban na nila ang pagkakataong makatanggap ng mga pagpapala, hindi na nila ito mapakawalan. Ang gayong mga tao ay palaging kusang-loob na naghahanap ng mga oportunidad para maging sentro ng

atensiyon sa sambahayan ng Diyos, kahit na sa pagiging isang lider ng grupo o isang superbisor lang. Sa madaling salita, kapag pumupunta sa sambahayan ng Diyos, ayaw nilang maging isang ordinaryong tagasunod. Kung sinuman ang makakaamin na sila ay isang ordinaryong nilalang, na sila ay isang ordinaryong nilalang lang tulad ng lahat ng iba pang mga nilalang, hindi nila kailanman tatanggapin ang pananaw na ito—hindi nila kailanman hahayaan ang sarili nilang maitrato nang hindi tama sa ganitong paraan. Naniniwala sila na dapat silang magkaroon ng espesyal na pagtrato at na dapat silang bigyan ng Diyos ng espesyal na biyaya at mga pagpapala. Gusto rin nilang magtamasa ng mga espesyal na pakinabang ng katayuan sa sambahayan ng Diyos. Hindi nila pinapayagan ang sambahayan ng Diyos na pagdudahan ang kanilang mga talento, at lalong hindi nila pinapayagan ang mga tao na magtanong tungkol sa kanilang gawain—ang lahat ay dapat na may lubos na pananalig sa kanila dahil tinalikuran nila ang lahat para sa Diyos at lubos silang tapat sa Kanya. Hindi ba’t isa itong hindi makatwirang kahilingan? May anumang katwiran ba ang taong ito? Ilan ang gayong tao? Ilang porsyento kaya ito ng iglesia? Palaging iniisip ng gayong mga tao na mayroon silang ilang abilidad at talento, kaya ipinagmamalaki nila kung gaano sila katalino. Kaya, ano ang ibig sabihin nitong tinatawag na talento? Ibig sabihin nito na kaya nilang magyabang, magsalita ng maraming walang kapararakang bagay, magbago ng paraan ng kanilang pagsasalita depende sa kung sino ang kausap nila, at may mas mataas na kasanayan sa panlilinlang kaysa sa mga ordinaryong tao. Naniniwala silang ito ay talento at abilidad, at gusto nilang gamitin ang abilidad na ito para magyabang at manloko. Ano ang ibig sabihin ng tunay na talento? Ibig sabihin nito ay pagkakaroon ng mga espesyal na kasanayan. Nang likhain ng Diyos ang tao, binigyan Niya ng iba’t ibang espesyalidad ang iba’t ibang uri ng tao. Ang ilang tao ay magaling sa panitikan, ang ilang tao ay magaling sa medisina, ang ilang tao ay magaling sa pag-aaral ng mga kasanayan, ang ilang tao ay magaling sa siyentipikong pananaliksik, at iba pa. Ang mga espesyalidad ng mga tao ay ibinigay ng Diyos at hindi dapat ipagyabang. Anuman ang mga espesyalidad na mayroon ang isang tao, hindi ibig sabihin nito na nauunawaan niya ang katotohanan, at tiyak na hindi ibig sabihin nito na nagtataglay siya ng katotohanang realidad. Ang mga tao ay may partikular na mga espesyalidad, at kung nananampalataya sila sa Diyos, dapat nilang gamitin ang mga espesyalidad na ito para gawin ang mga tungkulin nila. Katanggap-tanggap ito sa Diyos. Ang pagyayabang sa isang partikular na espesyalidad o pagnanais na gamitin ito para gumawa ng mga kasunduan sa Diyos—masyadong wala itong katwiran. Hindi pinapaboran ng Diyos ang gayong mga tao. Alam ng ilang tao ang isang partikular na kasanayan, kaya kapag pumupunta sila sa sambahayan ng Diyos, pakiramdam nila ay mas nakatataas sila kaysa sa iba, gusto nilang magtamasa ng espesyal na pagtrato, at pakiramdam nila ay garantisado ang trabaho nila panghabambuhay. Itinuturing nila ang kasanayang ito bilang isang uri ng kapital—anong kayabangan! Kaya, paano mo dapat tingnan ang mga kaloob at espesyalidad na ito? Kung kapaki-pakinabang ang mga bagay na ito sa sambahayan ng Diyos, mga kasangkapan lang ang mga ito para sa pagtupad

mo ng iyong tungkulin. Walang kinalaman ang mga ito sa katotohanan. Gaano man karami ang mayroon ka, ang mga kaloob at talento ay mga espesyalidad lang ng tao at walang kinalaman sa katotohanan. Ang iyong mga kaloob at espesyalidad ay hindi nangangahulugang nauunawaan mo ang katotohanan, at tiyak na hindi ibig sabihin ng mga ito na tinataglay mo ang katotohanang realidad. Kung ginagamit mo ang iyong mga kaloob at espesyalidad para gawin ang iyong tungkulin at gawin ang iyong tungkulin nang maayos, ginagamit mo ang mga ito sa tamang lugar, at ang paggamit nito ay sinasang-ayunan ng Diyos. Pero kung gagamitin mo ang iyong mga kaloob at espesyalidad para magyabang, magpatotoo sa iyong sarili, at magtayo ng isang independiyenteng kaharian, magiging malaki ang iyong mga kasalanan, at magiging isa kang malubhang nagkakasala sa paglaban sa Diyos. Ang mga kaloob ay ibinigay ng Diyos. Kung hindi mo kayang gamitin ang mga ito para gawin ang iyong tungkulin at magpatotoo sa Diyos, magiging masyado kang walang konsensiya at walang katwiran, at magiging labis ang pagkakautang mo sa Diyos—napakatinding paghihimagsik nito! Pero gaano mo man kahusay ginagamit ang iyong mga kaloob at espesyalidad, hindi ibig sabihin nito na nasa iyo ang katotohanang realidad. Ang pagsasagawa ng katotohanan at pagkilos nang may prinsipyo ay nangangahulugang nasa iyo ang katotohanang realidad. Ang mga kaloob at talento ay palaging mga kaloob at talento. Walang kinalaman ang mga ito sa katotohanan. Gaano man karami ang iyong mga kaloob at talento, at gaano man kataas ang iyong reputasyon o gaano kataas ang iyong katayuan, hindi ito kailanman mangangahulugan na nasa iyo ang katotohanang realidad. Ang mga kaloob at talento ay hindi kailanman magiging katotohanan. Walang kinalaman ang mga ito sa katotohanan. Pero hindi ganito mag-isip ang mga anticristo, at tiyak na ang mga bagay na ito ang pinahahalagahan nila nang malaki. Halimbawa, may ilang tao na may talento sa pag-arte. Pagkatapos gumanap ng papel ng bida sa isang pelikula na kinunan sa sambahayan ng Diyos, nagsisimula silang magpa-importante. Kahit na ang tatlong tao na tumutulong sa kanila na maglagay ng makeup ay hindi sapat para matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Ordinaryong tao lang sila noon, pero ngayong nananampalataya na sila sa Diyos, pagkatapos gawin ang tungkulin nila bilang artista, nagsisimula na silang magpa-importante. Hindi ba't nakikipaglaro sila sa kamatayan? Sa tingin Ko iyon mismo ang ginagawa nila! Hindi sila espesyal sa hitsura, at karaniwan ang kanilang mga kasanayan sa pag-arte. Angkop lang sila sa pag-arte ng mga partikular na bahagi, kaya binigyan sila ng isa pang papel—hindi ba't pagtataas ito sa kanila? Kapag nabigyan ng pagkakataong gawin ang tungkulin nila, nagpapa-importante pa nga sila. Kapag umaarte, inuutusan nila ang mga tao sa paligid na pagsilbihan sila sa pamamagitan ng pagdadala ng tsaa at pagbubuhos ng tubig, ginagalit ang lahat ng mga kapatid na nakakita. Sinabi Kong, “Alisin mo sila!” At kaya inalis sila ng iglesia. Hindi ba't dapat paalisin ang mga taong ito? Akala nila ay hindi makagagawa ng mga pelikula ang iglesia kung wala sila, kaya nangahas silang magpa-importante. Hindi nila inaasahan ang kahirinatnang ito. Idinulot ito ng kanilang kalikasan. Pinahahalagahan ng gayong mga tao ang kaalaman,

talento, pagkatuto, at karanasan. Masyado nilang pinahahalagahan ang mga bagay na ito, pero binabalewala nila ang pinakamahalagang bagay—ang katotohanan. Hindi nila napapagtanto na naghahari ang katotohanan sa sambahayan ng Diyos. Kung hindi nila hahangarin ang katotohanan, gaano man kataas ang kanilang kaalaman o gaano kahusay ang kanilang galing sa pagsasalita, hindi nila magagawang manindigan. Hindi magtatagal, mabubunyag at matitiwalag sila. Madali ba para sa mga tao na maunawaan ang kaunting doktrinang ito? Ang mga taong nananampalataya sa Diyos sa loob ng maraming taon pero hindi ito maunawaan ay mga tao lang na magulo ang isip na walang anumang halaga. Kung medyo may katwiran lang sila, hindi sila magiging masyadong mayabang. Ang ganoong mga tao ay mga demonyo at mga Satanas na nagpapamalas ng mga sarili nila. Ngayon, direkta Kong tinukoy ang bagay na ito para maunawaan rin ninyo ito nang malinaw; para makilala ninyo nang kaunti ang bagay na ito at makilatis ito. Kung hindi Ko ito tinukoy nang malinaw, magagawa ba ninyong makilala ito nang ganito? Magagawa ba ninyong alisin ang mga ito? Hindi nakikita ng mga tao ang problema, kaya kailangan Kong maging prangka. Kung hindi Ako prangka, hindi malulutas ang problema. Sa pagsandig sa ilang doktrina lang na nauunawaan ninyo, walang problemang malulutas.

Palaging iniisip ng mga anticristo ang sarili nila bilang may mga espesyal na talento. Iniisip nilang mga nagtapos sila sa kolehiyo na lubos na marunong at nagtataglay ng mayamang kaalaman. Labis nilang iniingatan at pinahahalagahan ang kanilang kaalaman at ang mga natutunan nilang espirituwal na teorya, at tinatrato pa nga ang mga bagay na ito bilang katotohanan. Higit pa rito, madalas nilang ginagamit ang kaalaman at karanasang ito na pinaniniwalaan nilang tama, para turuan, iligaw, o i-kondisyon ang mga nakapaligid sa kanila. Sa partikular, madalas nilang binabanggit ang “maluwalhati” nilang nakaraan, na ginagamit nila para hikayatin at kumbinsihin ang ibang tao, at gawin ang mga itong pahalagahan at sambahin sila. At ano itong mga “maluwalhating” nakaraan nila? Sasabihin ng ilan sa kanila: “Dati akong tagapagturo sa isang unibersidad. Ang lahat ng aking mga mag-aaral ay mga mag-aaral ng Masters o Ph.D. Sa tuwing nagbibigay ako ng lektura, walang ni isang bakanteng upuan; ang bawat isa sa mga estudyante ay nakaupong lubos na tahimik, nakatingin sa akin nang may pagsamba at paghanga sa kanilang mga mata. Hindi man lang ako kinakabahan. Kay dakila at kahanga-hanga nitong lahat! Ipinanganak ako na may gayong talento at gayong kapangahasan.” Sasabihin ng iba na: “Natuto akong magmaneho noong 14 anyos ako. Nagmamaneho ako ngayon nang higit sa 40 taon na at nangunguna ang aking mga kasanayan sa pagmamaneho.” Ano ang ibig sabihin nila rito? Ang ibig nilang sabihin ay: “Ilang araw pa lang kayong nagmamaneho. Ano ang alam ninyo? Ang isang batikang drayber na katulad ko ay buong buhay nang nagmamaneho. Mayroon akong lahat ng uri ng karanasan. Sa hinaharap, dapat mo akong tanungin kung may bagay kang hindi nauunawaan. Dapat kang makinig sa sasabihin ko.” Kapag mayroon silang ilang uri ng kasanayan, iniisip ng mga anticristo na pambihira ang kanilang sarili, pinalalabas nilang mahiwaga ang kanilang sarili, at

pinagyayabang nila ang kanilang sarili at nagpapatotoo sa kanilang sarili, ginagawang pahalagahan at sambahin sila ng iba. Kapag may kaunting lakas o kaloob ang ganitong uri ng mga tao, ito ay nagpapaisip sa kanila na mas mahusay sila kaysa sa iba, at naghahangad na pamunuan ang mga ito. Kapag lumapit ang ibang tao sa kanila para sa mga kasagutan, pinangangaralan sila ng mga anticristo mula sa itaas, at kung hindi pa rin nakauunawa ang mga taong iyon pagkatapos, iniuugnay na lamang nila ito basta sa pagkakaroon ng mga ito ng mababang kakayahan, kahit na sa katunayan, ang mga anticristo mismo ang hindi nagbigay ng malinaw na paliwanag. Halimbawa, kapag nakitang hindi kayang ayusin ng isang tao ang isang sirang makina, sasabihin ng isang anticristo na: “Paanong hindi mo pa rin alam kung paano ito gawin? Hindi ba’t sinabi ko na sa iyo kung paano ito gawin? Ipinaliwanag ko ito nang malinaw, pero hindi mo pa rin ito nakukuha. Napakababa talaga ng iyong kakayahan. Bigo kang matuto sa tuwing tinuturuan kita kung paano ito gawin.” Pero kapag hiningi ng taong iyon sa kanila na ayusin ang makina, titingnan nila ito nang matagal at hindi rin alam kung paano ito aayusin, at itatago pa nga nila mula sa taong iyon ang katunayan na hindi nila alam kung paano ito ayusin. Pagkatapos paalisin ang taong iyon, palihim na magsasaliksik ang anticristo at susubukang alamin kung paano ayusin ang makina, pero hindi pa rin niya ito maaayos. Hahantong sila sa pagbabaklas ng makina, magkakalat nang husto, at hindi na magagawang maibalik ito sa dati. Pagkatapos, sa takot na makita ito ng iba, itatago nila ang mga piraso. Nakakahiya ba ang hindi malaman kung paano gawin ang ilang bagay? Mayroon bang sinumang kayang gawin ang lahat? Hindi nakakahiya ang hindi malaman kung paano gawin ang ilang bagay. Huwag kalimutang isa ka lang ordinaryong tao. Walang sinumang nagpapahalaga o sumasamba sa iyo. Ganoon lang ang isang ordinaryong tao: isang ordinaryong tao. Kung hindi mo alam kung paano gawin ang isang bagay, sabihin mo lang na hindi mo alam kung paano ito gawin. Bakit mo susubukang magbalatkayo? Kasusuklanan ka ng mga tao kung palagi kang nagbabalatkayo. Hindi magtatagal, mailalantad mo ang iyong sarili, at sa oras na iyon, mawawala ang iyong dignidad at iyong integridad. Ito ang disposisyon ng isang anticristo—palagi niyang iniisip ang kanyang sarili bilang isang taong alam gawin ang lahat, bilang isang taong kayang gawin ang lahat, na may kakayahan at may kahusayan sa lahat ng bagay. Hindi ba’t magdadala ito sa kanya ng problema? Ano ang gagawin niya kung mayroon siyang matapat na saloobin? Sasabihin niya: “Hindi ako bihasa sa teknikal na kasanayang ito; may kaunti lang akong karanasan. Nagawa ko na ang lahat ng alam ko, pero hindi ko nauunawaan itong mga bagong problemang kinakaharap natin. Samakatwid, dapat tayong matuto ng ilang propesyonal na kaalaman kung gusto nating gawin nang maayos ang ating tungkulin. Ang pagpapakabihasa sa propesyonal na kaalaman ay magbibigay-daan para epektibo nating magawa ang ating tungkulin. Ipinagkatiwala sa atin ng Diyos ang tungkuling ito, kaya may responsabilidad tayong gawin ito nang maayos. Dapat nating pag-aralan ang propesyonal na kaalamang ito batay sa isang saloobin ng pag-ako ng responsabilidad para sa ating tungkulin.” Ito ay

pagsasagawa ng katotohanan. Hindi ito gagawin ng isang taong may disposisyon ng isang anticristo. Kung may kaunting katwiran ang isang tao, sasabihin niyang: “Ito lang ang alam ko. Hindi mo ako kailangang pahalagahan, at hindi ko na kailangang magpa-importante—hindi ba’t mapapadali niyon ang mga bagay-bagay? Miserable ang palaging pagbabalatkayo. Kung may isang bagay tayong hindi alam, puwede natin itong matutunan nang sama-sama at pagkatapos ay magtulungan nang maayos para gawin ang ating tungkulin nang maayos. Dapat tayong magkaroon ng responsableng saloobin.” Pagkakita nito, iisipin ng mga tao, “Mas mabuti ang taong ito kaysa sa atin; kapag may dumating sa kanilang problema, hindi nila pikit-matang pinipilit ang kanilang sarili na lampasan ang kanilang mga limitasyon, ni hindi nila ito ipinapasa sa iba, o tinatalikuran ang responsabilidad. Sa halip, inaako nila ito mismo at hinaharap ito nang may seryoso at responsableng saloobin. Ito ay isang mabuting tao na seryoso at responsable sa kanilang gawain at tungkulin. Mapagkakatiwalaan sila. Tama ang sambahayan ng Diyos na ipagkatiwala sa kanila ang mahalagang gampaning ito. Tunay na sinisiyasat ng Diyos ang kaibuturan ng puso ng mga tao!” Sa paggawa ng kanilang tungkulin sa ganitong paraan, mapaghuhusay nila ang kanilang mga kasanayan at makakamit ang pagsang-ayon ng lahat. Paano nakakamit ang pagsang-ayon na ito? Una, hinaharap nila ang tungkulin nila nang may seryoso at responsableng saloobin; pangalawa, nagagawa nilang maging matapat na tao, at mayroon silang praktikal at palaaral na pag-uugali; pangatlo, hindi maiaalis ang posibilidad na nasa kanila ang patnubay at kaliwanagan ng Banal na Espiritu. Ang gayong tao ay may pagpapala ng Diyos; ito ay isang bagay na kayang kamtin ng isang taong may konsensiya at katwiran. Kahit mayroon silang mga tiwaling disposisyon, kapintasan, at pagkukulang, at hindi nila alam kung paano gawin ang maraming bagay, nasa tamang landas pa rin sila ng pagsasagawa. Hindi sila nagbabalatkayo o nanlilinlang; mayroon silang seryoso at responsableng saloobin sa kanilang tungkulin, at isang nananabik at mapitagang saloobin sa katotohanan. Hindi kailanman magagawa ng mga anticristo ang mga bagay na ito dahil ang kanilang paraan ng pag-iisip ay palaging magiging iba sa mga nagmamahal at naghahangad sa katotohanan. Bakit magkaiba silang mag-isip? Dahil nasa kalooban nila ang kalikasan ni Satanas; namumuhay sila ayon sa disposisyon ni Satanas at palagi silang naghahangad ng reputasyon at katayuan, at palagi silang nagnanais na makamit ang kanilang layon na magtamo ng kapangyarihan. Palagi silang naghahangad na gumamit ng iba’t ibang paraan para makisali sa mga pakana at panlilinlang, inililihis ang mga tao sa anumang paraan para sambahin at sundan sila. Samakatwid, para maloko ang mga tao, hinahanap nila ang lahat ng uri ng paraan para magbalatkayo, mandaya, magsinungaling, at manlinlang, para mapaniwala ang iba na tama sila sa lahat ng bagay, na may kakayahan sila sa lahat ng bagay, at na kaya nilang gawin ang anumang bagay; na mas matalino sila kaysa sa iba, na mas marunong sila kaysa sa iba, na mas nakauunawa sila kaysa sa iba; na mas mahusay sila sa lahat ng bagay kaysa sa iba, at na nakahihigit sila sa iba sa lahat ng aspekto—maging na sila ang pinakamahusay sa pinakamahusay sa anumang grupo.

Mayroon silang ganoong pangangailangan; ito ang disposisyon ng mga anticristo. Kaya, natututo silang magpanggap bilang isang bagay na hindi sila, na nagbubunga ng bawat isa sa iba't ibang pagsasagawa at pagpapamalas na ito.

Pag-isipan ninyo ito: Anong disposisyon ang tinataglay ng mga taong gustong magpanggap na isang bagay na hindi sila? Nagpapanggap sila na ano? Hindi sila nagpapanggap na demonyo o isang negatibong tao; nagpapanggap sila bilang isang bagay na matayog, mabuti, maganda, at mabait, na maging isang bagay na pinahahalagahan at hinahangaan ng mga tao—nagpapanggap sila na mga bagay na ito na pinupuri o sinasang-ayunan ng mga tao. Nagpapanggap silang alam at nauunawaan nila ang lahat; nagpapanggap silang nagtataglay ng katotohanan, na maging isang positibong tao, at na maging katotohanang realidad. Hindi ba't paghahanap ito ng sarili nilang pagkawasak? Mayroon ba sila ng realidad na iyon? Mayroon ba sila ng diwang iyon? Wala. Ito ay dahil nga sa wala sila niyon kaya sinasabi na nagpapanggap sila. Kaya, may magsasabi ba na sila ang pagsasakatawan ng katotohanan dahil tinataglay nila ang katotohanang realidad? Kapani-paniwala ba ang pahayag na ito? (Hindi, hindi ito kapani-paniwala.) Kahit nagtataglay ka ng ilang katotohanang realidad, hindi talaga ikaw ang pagsasakatawan ng katotohanan. Kaya, ang sinumang nagpapanggap na pagsasakatawan ng katotohanan ay isang mapagmataas na indibidwal at isang kakatwang uri! Ang isang tao na nagtataglay ng kaunti lang ng katotohanang realidad pero nangangahas na magpanggap na pagsasakatawan ng katotohanan ay parang isang patak lang ng tubig na nagsasabing siya ay isang malawak, walang hangganang dagat. Hindi ba't ito ang rurok ng kayabangan? Hindi ba't ito ay hayagang kawalanghiyaan? Para magpanggap ang isang tao na pagsasakatawan ng katotohanan, dapat na may puhunan siya para gawin ito. At ano ang ginagamit ng mga anticristo para magpanggap na pagsasakatawan ng katotohanan? Ito iyong mga bagay na kasasabi ko lang—kaalaman, karanasan, at mga aral. Kabilang dito ang mga espesyal na kasanayan at talento na nakukuha ng mga tao sa pag-aaral gayundin ang mga kaloob na taglay nila pagkapanganak. Ang ilang tao ay may kaloob sa pagsasalita ng iba't ibang wika na hindi nila inaral, habang ang iba naman ay may kaloob o kahusayan sa pagsasalita para sa pangangaral. Natutunan o pinagkadalubhasaan ng iba ang ilang espesyal na propesyonal na kasanayan. Halimbawa, ang ilang tao ay partikular na namumukod-tangi sa sayaw, musika, sining, mga wika, o panitikan; habang ang iba ay mahusay sa pulitika, na ang ibig sabihin ay magaling sila sa pagmamaniipula ng mga tao, na mahusay sila sa diplomasya, at iba pa. Sa madaling salita, kabilang dito ang mga taong may espesyal na talento mula sa lahat ng antas ng pamumuhay. Ang mga taong ito na may mga espesyal na talento o kaloob ay maaaring walang isang partikular na katayuan o isang nakatakdang propesyon sa lipunan. Ang ilang tao ay nakatira sa maliliit na lugar, pero nakapagsasalita tungkol sa isang malawak na saklaw ng mga usapin mula sa nakaraan hanggang sa kasalukuyan nang malinaw at lohikal, at sa isang partikular na mahusay na paraan. Kung ang mga taong may ganitong mga espesyal na talento ay may disposisyon ng isang anticristo,

hindi sila makukontento sa mga kasalukyang bagay kapag sila ay pumunta sa sambahayan ng Diyos; magtataglay sila ng ilang ambisyon at pagnanais, at unti-unti silang mabubunyag.

Tungkol sa aytem ng pagpapanggap ng mga anticristo bilang pagsasakatawan ng katotohanan kapag nagtamo na sila ng kaunting karanasan at kaalaman, at natuto ng ilang aral, kakatalakay lang natin ang saklaw ng naturang kaalaman, karanasan, at mga aral. At ano ang naging pokus ng talakayang ito? (Pagpapanggap.) Tama iyan. Ang pinakabuod ay pagpapanggap ng mga anticristo na maging pagsasakatawan ng katotohanan. Kaalaman, karanasan, mga aral—wala sa mga bagay na ito ang katotohanan; wala talagang kinalaman ang mga ito sa katotohanan. Sumasalungat pa nga ang mga bagay na ito sa katotohanan at kinokondena ng Diyos. Tingnan ang kaalaman, halimbawa, maituturing bang isang anyo ng kaalaman ang kasaysayan? (Oo.) Paano nabuo ang kaalaman at mga aklat-pangkasaysayan tungkol sa kasaysayan ng tao, kasaysayan ng ilang bansa o etnikong grupo, modernong kasaysayan, sinaunang kasaysayan, o maging ng ilang hindi opisyal na kasaysayan? (Isinulat ang mga ito ng mga tao.) Kaya, ang mga bagay ba na isinulat ng mga tao ay nakaayon sa tunay na kasaysayan? Hindi ba't salungat ang mga ideya at pananaw ng mga tao sa mga prinsipyo, paraan, at pamamaraan ng mga pagkilos ng Diyos? Nauugnay ba sa tunay na kasaysayan ang mga salitang ito na binigkas ng tao? (Hindi.) Walang kaugnayan. Samakatwid, gaano man katumpak ang mga tala na nilalaman sa mga aklat-pangkasaysayan, kaalaman lang ang mga ito. Kahit gaano kahusay magsalita ang mga historyador na iyon, at gaano kalohikal at kalinaw nilang isinalaysay ang mga kasaysayang ito, ano ang kongklusyong makukuha mo pagkatapos makinig sa mga ito? (Malalaman namin ang mga pangyayaring iyon.) Oo, malalaman mo ang mga pangyayaring iyon. Pero isinasalaysay ba nila ang mga kasaysayang ito para lang ipaalam sa iyo ang tungkol sa mga pangyayaring iyon? May partikular silang ideya na gusto nilang iindoktrina sa iyo. At ano ang pokus ng kanilang indoktrinasyon? Ito ang kailangan nating suriin at himayin. Hayaan ninyo Akong magbigay ng isang halimbawa para maunawaan ninyo kung ano ang gusto nilang iindoktrina sa mga tao. Pagkatapos balik-aralan ang kasaysayan mula sa sinaunang panahon hanggang sa kasalukuyan, nakabuo ang mga tao sa huli ng isang kasabihan; naobserbahan nila ang isang katotohanan mula sa kasaysayan ng tao, na: "Ang mga nagwagi ay pinupuri bilang mga hari, habang ang mga talunan ay binabansagan bilang mga tulisan." Kaalaman ba ito? (Oo.) Nagmula ang kaalamang ito mula sa mga katunayang pangkasaysayan. May kinalaman ba ang kasabihang ito sa mga paraan at pamamaraan kung paano pinanghahawakan ng Diyos ang kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay? (Wala.) Sa katunayan, kabaligtaran ito; sumasalungat at tumataliwas ito sa mga ito. Kaya, naindoktrinahan ka na ng kasabihang ito, at kung hindi mo nauunawaan ang katotohanan, o kung ikaw ay isang walang pananampalataya, ano marahil ang maisip mo pagkatapos marinig ito? Paano mo maiintindihan ang kasabihang ito? Una sa lahat, inililista lahat ng mga historyador o aklat-pangkasaysayan na ito ang mga ganitong uri

ng pangyayari, gamit ang sapat na ebidensya at mga pangyayaring pangkasaysayan para patunayan ang katumpakan ng kasabihan. Sa simula, puwedeng natutunan mo lang ang kasabihang ito mula sa isang libro, at alam mo lang ang mismong kasabihan. Puwedeng nauunawaan mo lang ito sa isang antas o sa isang partikular na lawak hanggang sa mabatid mo ang mga pangyayaring ito. Pero sa sandaling marinig mo ang mga makasaysayang katunayang ito, lalalim ang iyong pagkilala at pagtanggap sa kasabihan. Talagang hindi mo sasabihing, “May mga bagay na hindi ganoon.” Sa halip, sasabihin mong, “Ganyan iyan; sa pagtingin sa kasaysayan mula noong sinaunang panahon hanggang sa kasalukuyan, umunlad ang sangkatauhan sa ganitong paraan—ang mga nagwagi ay pinupuri bilang mga hari, habang ang mga talunan ay binabansagan bilang mga tulisan!” Kapag nakikita mo ang usapin sa gayong paraan, anong mga pananaw at saloobin ang panghahawakan mo sa iyong sariling asal, sa iyong propesyon, at sa iyong pang-araw-araw na buhay, gayundin sa mga tao, mga pangyayari, at mga bagay sa paligid mo? Mababago ba ng gayong pagkakaintindi ang iyong saloobin? (Oo.) Higit sa lahat, mababago ito. Kaya, paano nito mababago ang iyong saloobin? Gagabayan at babaguhin ba nito ang direksiyon ng iyong buhay at ang iyong mga pamamaraan para sa mga makamundong pakikitungo? Marahil pinaniwalaan mo dati na “Ang pagkakasundo-sundo ay yaman; ang pagtitiis ay karunungan” at “Payapa ang buhay ng mabubuti.” Ngayon, iisipin mo na, “Dahil ‘ang mga nagwagi ay pinupuri bilang mga hari, habang ang mga talunan ay binabansagan bilang mga tulisan,’ kung gusto kong maging isang opisyal, kailangan kong isaalang-alang ng mabuti si Ganito-at-ganyan. Wala siya sa panig ko, kaya hindi ko maitataas ang posisyon niya—kahit na karapat-dapat siya na maitaas ang posisyon.” Habang iniisip mo ang mga bagay sa ganitong paraan, magbabago ang iyong saloobin—at mabilis itong magbabago. Paano mangyayari ang pagbabagong ito? Ito ay dahil tinanggap mo ang ideya at pananaw na “Ang mga nagwagi ay pinupuri bilang mga hari, habang ang mga talunan ay binabansagan bilang mga tulisan.” Ang pagdinig ng maraming katunayan ay lalo lang, para sa iyo, na magpapatibay sa pagiging tama ng pananaw na ito sa totoong buhay ng tao. Lubos kang maniniwala na dapat mong ilapat ang pananaw na ito sa iyong sariling mga pagkilos at pag-asal para hangarin ang iyong buhay sa hinaharap at kinabukasan. Hindi ka ba mababago ng ideya at pananaw na ito? (Oo.) At habang binabago ka nito, gagawin ka ring tiwali nito. Ganyan ito. Binabago at ginagawa kang tiwali ng gayong kaalaman. Kaya, kapag tinitingnan ang ugat ng usaping ito, gaano man katumpak ang pagkakalatag ng mga kasaysayang ito, sa huli ay nabubuod ang mga ito sa kasabihang ito, at ikaw ay naiindoktrinahan ng ideyang ito. Ang kaalaman bang ito ay ang pagsasakatawan ng katotohanan o ang lohika ni Satanas? (Ang lohika ni Satanas.) Tama iyan. Naipaliwanag Ko ba ito nang may sapat na detalye? (Oo.) Ngayon ay malinaw na ito. Kung hindi ka nananampalataya sa Diyos, hindi mo pa rin ito mauunawaan kahit na pagkatapos ng dalawang buhay—mas matagal kang nabubuhay, mas mararamdaman mo na hangal ka, at iisipin na hindi ka sapat na malupit, at dapat kang maging mas malupit, mas tuso, mas

lihim na mapanira, at mas malala at mas masamang tao. lisipin mo sa sarili mo na: “Kung kaya niyang pumatay, dapat akong magsindi ng mga apoy. Kung papatay siya ng isang tao, kailangan kong pumatay ng 10. Kung papatay siya nang hindi nag-iiwan ng bakas, mananakit ako ng mga tao nang hindi nila nalalaman—gagawin ko pang pasalamatan ako ng kanilang mga inapo sa loob ng tatlong henerasyon!” Ito ang impluwensiyang naidulot ng pilosopiya, kaalaman, karanasan, at mga aral ni Satanas sa sangkatauhan. Sa realidad, ito ay pang-aabuso at katiwalian lang. Samakatwid, anumang uri ng kaalaman ang ipinangangaral o ipinapalaganap sa mundong ito, iindoktrinahan ka nito ng isang ideya o pananaw. Kung hindi mo ito makikilatis, malalason ka. Sa kabuuan, isang bagay ang tiyak ngayon: Hindi mahalaga kung ang kaalamang ito ay nagmula sa mga karaniwang tao o mula sa mga opisyal na mapagkukunan, kung iginagalang ito ng isang minorya o iginagalang ng mayorya—wala sa mga ito ang nauugnay sa katotohanan. Ang katotohanan ay ang realidad ng lahat ng positibong bagay. Ang pagiging tama nito ay hindi natutukoy sa bilang ng mga taong kumikilala rito. Ang realidad ng mga positibong bagay ay mismong ang katotohanan. Walang sinumang makapagpapabago nito, ni sinumang makapagkakaila nito. Ang katotohanan ay palaging magiging ang katotohanan.

Pag-usapan natin ang katunayan na pinanghahawakan ng Diyos ang kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay. Mula nang simulang pamunuan ng Diyos ang sangkatauhan, nag-iingat din Siya ng isang kasaysayan at isang tala. Paano tinitingnan ng Diyos ang kasaysayan ng tao? Ang gusto ng Diyos na makita ng mga tao ay ang katotohanan, at ang mga pagsusuri at kongklusyon na ginagawa ng mga tao tungkol sa mga bagay-bagay ay hindi ang katotohanan. Pero bakit hindi tinitingnan ng mga tao ang kasaysayan batay sa mga salita ng Diyos at sa katotohanan? Dahil ang mga tao ay tutol sa katotohanan, namumuhi sa katotohanan, at hindi talaga tumatanggap ng kahit katiting na katotohanan. Iyon ang dahilan kung bakit nakakaimbento sila ng mga mapanlinlang, kalibak-libak, at kakatwang teorya. Halimbawa, ipinaglihi ang Panginoong Jesus sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Isa itong positibong bagay. Gayumpaman, ano ang sinasabi ni Satanas tungkol dito? Hindi kinikilala ni Satanas ang katotohanan ng paglilihi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, at nilalapastangan pa nga na ang Panginoong Jesus ay isang bastardo, na isinilang Siya ng tao. Ginagamit ni Satanas ang pinakamaruming salita ng sangkatauhan, isang pagpapahayag na kinukutya at hinahamak ng mga tao, at inilalapat ito sa kapanganakan ng Panginoong Jesus. Hindi ba ito pagbabaluktot ng mga katunayan? (Oo.) Ang paglilihi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ay gawain ng Diyos. At anuman ang anyo nito, isang bagay ang tiyak tungkol sa gawain ng Diyos: Ito ang katotohanan, ang hindi nababagong katotohanan. Kaya, bakit hindi tinatanggap ni Satanas ang gayong malinaw na katunayan, isang katunayang dati nang paunang itinakda at nasaksihan ng Diyos? Bakit hindi ito pinapansin ni Satanas at inilarawan pa ang Panginoong Jesus bilang isang anak sa labas na isinilang ng tao? (Namumuhi ito sa katotohanan, namumuhi ito sa mga positibong bagay.) Sinasadya nitong siraan ang Diyos! Si Satanas ang higit na nakakaalam sa katunayang ito; ganap na malinaw nitong

nakikita ito sa espirituwal na mundo. Kaya bakit nito ginagawa ito? Ano ang motibo nito, ano ang intensiyon nito? Bakit pinalalaganap nito ang gayong pahayag? Sinasadya nitong laitin at siraan ang Diyos. Ano ang layunin nito sa paninira sa Diyos? Para mapaniwala ang mga tao na anak sa labas si Jesus, ituring itong kahiya-hiya, at sa ganoon ay hindi sila maniwala sa Kanya. Iniisip ni Satanang, “Kung walang pananalig sa iyo ang mga tao, hindi mo magagawang tapusin ang iyong gawain, hindi ba?” Sa realidad, ang katotohanan ay palaging magiging katotohanan. Kahit tinanggihan ito ng buong sangkatauhan noong panahong iyon, makalipas ang dalawang libong taon, ang Panginoong Jesus sa huli ay may mga tagasunod at mga tao na pumupuri sa Kanya sa buong mundo, prominenteng ipinakikita ang krus sa lahat ng dako, at nabigo si Satanang. Umubra ba ang pahayag ni Satanang? (Hindi, hindi ito umubra.) Samakatwid, hindi ito ang katotohanan; hindi ito mapanghahawakan at walang silbi ang paninira sa Kanya. Umaayon man ang bagay na ito na ginawa ng Diyos sa mga kuru-kuro at imahinasyon ng mga tao, o salungat man ito sa tradisyonal na kultura, mga kasabihan, o moral na etika ng sangkatauhan, walang pakialam ang Diyos. Bakit walang pakialam ang Diyos? Ano ang tinutukoy nito? Dahil pinanghahawakan ng Diyos ang kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay, masisira ba ng mga mala-demonyong salitang ito ni Satanang ang gawain ng Diyos? Hindi mo ito makilatis, hindi ba? (Hindi.) Sabihin mo sa Akin, hindi ba’t nasa kamay ng Diyos ang lahat? (Oo.) Masisira ba ng mala-demonyong pahayag ni Satanang, ang ilang salita lang na iyon, ang plano ng pamamahala ng Diyos? Posible ba iyon? (Hindi, hindi ito posible.) Gustong magtagumpay ni Satanang, pero magagawa ba nito iyon? Ang katotohanan ay palaging magiging ang katotohanan. Ito ang kapangyarihan ng katotohanan. Ang kapangyarihan ng katotohanan ay isang bagay na walang sinuman—kabilang si Satanang—ang makapagbabago. Kahit ngayon, patuloy na pinapalaganap ni Satanang ang pahayag na iyon. Gumagana ba ito? Hindi, hindi ito gumagana. Tapos na ang gawain ng Kapanahunan ng Biyaya; naipalaganap na ang ebanghelyo ng Panginoong Jesus sa mga dulo ng mundo at ang bagong gawain ng paghatol sa mga huling araw ay isinasagawa na sa loob ng maraming taon. Matagal nang nabigo at napahiya si Satanang. Kaya, may silbi pa ba ngayon para magalit at mainis si Satanang? Wala, walang silbi. Samakatwid, anuman ang pananaw, o gaano man kataas ang antas ng kaalaman, o ang bilang ng mga tao kung kanino ginamit o ipinalaganap ang pananaw, walang silbi ang lahat ng ito; hindi ito mapanghahawakan. Hindi mapipigilan ang gawain ng Diyos; kahit si Satanang ay hindi ito mapipigilan. Talaga bang iniisip ng ilang hamak na tao na mapipigilan nila ang gawain ng Diyos? Delusyonal iyon! Marami sa inyo ay lumaki sa ganitong mga walang batayang tsismis, tinatanggap ang mga mapanlihis na pananaw ni Satanang; puno ang inyong ulo ng mga bagay tulad ng lohika, mga pilosopiya, kaalaman, at siyensya ni Satanang. At anong nangyari pagkatapos? Nang dumating sa inyo ang mga salita ng Diyos, narinig pa rin ninyo ang tinig ng Diyos at bumalik sa harapan ng Diyos. Walang silbi ang mga tsismis at malademonyong salita ni Satanang. Hindi napigilan ng mga ito kahit kaunti ang pagsulong ng gawain ng Diyos.

Nagsimulang tanggapin ng mga hinirang na tao ng Diyos sa lahat ng bansa ang gawain ng Diyos sa mga huling araw. Araw-araw, kumakain at umiinom sila ng mga salita ng Diyos, nakikinig sa mga sermon at nagbabahaginan. Ginagawa nila ang mga tungkulin nila para sa Diyos at nagpapatotoo sa Kanya. Pinagbubulay-bulayan ito ni Satanas, sinasabi, “Bakit hindi gumagana ang marami kong mapanlihis na salita? Napakaraming bagay ang ginawa ko para sugpuin, arestuhin, at abusuhin ang hinirang na mga tao ng diyos, bakit wala man lang epekto ang mga ito? Bakit sa halip ay dumarami ang mga mananampalataya ng diyos?” Pagkatapos ay nalalaman nito sa puso nito na tunay na makapangyarihan ang Diyos, na pagkatapos nito ay lubusan itong napapahiya—kaya ang kasabihang: “Laging magagapi si Satanas sa mga kamay ng Diyos.” Isa ba itong katunayan? (Oo.) Tunay na ang mga salita ng Diyos ang makatutupad ng lahat! Nagseserbisyo si Satanas at ang lahat ng diyablong hari sa Diyos. Sa mga kamay ng Diyos sila ay mga bagay sa pagseserbisyo at mga hambingan. May kinalaman ba sa atin ang mga bagay sa pagseserbisyo at mga hambingan ito? (Wala.) Wala, walang kinalaman sa atin ang mga bagay na ito. Kailangan lang nating pagtuunan ang pananampalataya sa Diyos, wala tayong kinalaman sa kanila. Hari man sila o tulisan, sila ay kay Satanas at lilipulin sila. Kailangan lang nating sumunod sa Diyos nang buong puso, magpakailanman ipagkakanulo si Satanas, at sumasama lang sa Diyos. Ito ang tamang gawin.

Nagbigay Ako ng isang halimbawa ng kaalaman at karanasan, kaya dapat mong maunawaan ang mga bagay na ito nang medyo mas tumpak ngayon. Ano ang layunin ng pagbabahaginan tungkol sa mga bagay na ito? Sa isang banda, ito ay para bigyang-kakayahan kayong gamitin ang mga katunayan at halimbawang ito para makilatis ang mga anticristo, at makilala rin ang aspektong ito ng disposisyon ng mga anticristo sa inyong sarili. Sa isa pang banda, hindi ba’t mapipigilan ng ganitong uri ng talakayan ang ilang tao na kumilos nang walang pakundangan? (Oo.) Sa nakalipas, mahilig umasa ang mga partikular na tao sa karanasan at mga makalumang paraan sa pagganap ng kanilang tungkulin, at kumapit sila sa mga sarili nilang paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay, kaya nagambala at nagulo nila ang gawain ng sambahayan ng Diyos, at dahil dito ay hinarap sila. Pinahalagahan nila higit sa lahat ang mga luma nilang gawi at karanasan, hindi kailanman isinasaalang-alang ang pinakamahahalagang bagay: kung ano ang sinabi o hiningi ng Diyos sa mga tao, o kung paano sumunod sa katotohanang prinsipyo. Matigas din ang ulo nilang kumapit sa mga luma nilang gawi, at dagdag pa rito ay gumamit ng isang walang katuturang lohika bilang batayan para dito: “Palagi na natin itong ginagawa sa ganitong paraan,” “Palagi itong ginagawa nang ganito kung saan kami nagmula. Ganito ito ginawa ng aming mga ninuno.” Bakit palagi nilang binibigyang-diin ang mga bagay na ganito? Pinatunayan nito na hindi nila tinanggap ang mga bagong bagay; na hindi nila tinanggap ang katotohanan. Hindi nila makilatis ang pagiging di-praktikal, atrasado, at katawa-tawa ng mga makalumang paraang ito. Hindi nila alam na may mga bagong paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay, mga paraan na mas makabago, mas tumpak, at mas angkop. Palagi silang nananatili sa mga makaluma nilang

paraan, sumasandig sa luma nilang karanasan, iniisip na lubhang makabago sila; na nagsasagawa sila ng katotohanan. Hindi ba't mga kakatwang uri ito? "Ganito palagi ito ginagawa kung saan kami nagmula," "Sa paraang ginawa ko noon," "Ganito namin ito palaging ginagawa"—mapapalitan ba ng mga lumang paraan, ng mga sinaunang bagay na ito ang mga katotohanang prinsipyo? Ang paggawa ba ng mga bagay-bagay sa makalumang paraan ay nangangahulugan na ang isang tao ay nagsasagawa ng katotohanan? Walang nauunawaan ang mga taong iyon, ni wala silang nakikilatis sa anumang bagay. Hindi ba't sila ay matatandang makalumang tao na kumakapit sa mga dating gawi at matitigas ang ulo? Napakahirap para sa mga taong tulad nito na tanggapin ang katotohanan! Sabihin mo sa Akin, bago o luma man ang isang bagay, paano mo ito haharapin? Paano mo ito tatratin? Ano ang iyong batayan sa pagtrato rito? Kung ang bawat isa ay may limitadong kaalaman lang tungkol sa isang bagay, paano mo ito haharapin sa paraang tama at naaayon sa mga prinsipyo? Dapat mo munang tanungin ang isang taong may kaugnay na kadalubhasaan sa larangang ito. Hangga't nakakahanap ka ng isang maalam na tao, magkakaroon ka ng isang landas. Kung hindi ka makahanap ng isang maalam na tao, ganap mong malulutas ang isyu sa pagpunta online para humingi ng payo o maghanap ng impormasyon. At habang naghahanap ka, kailangan mo pa ring magdasal sa Diyos at umasa sa Kanya; hayaan ang Diyos na magbukas ng isang daan pasulong. Ano ang tawag natin dito? Tinatawag natin itong mga prinsipyo ng pagsasagawa. Iniisip ng ilan sa inyo, "Ako ay isang propesyonal sa larangang ito na may mayamang karanasan. Nakatanggap pa nga ako ng mga parangal para sa paggawa nito, kaya mayroon ako ng puhunang ito. Dahil ipinagkatiwala sa akin ang gawaing ito, ako ang tagapamahala. Mayroon akong awtoridad na gumawa ng mga desisyon at ako ang bahala sa lahat. Ang lahat ay dapat sumunod sa mga utos ko at sundin ako. Hindi mahalaga ang sinasabi ng iba pa at dapat manahimik ang sinumang hindi sumasang-ayon sa akin!" Tama ba ang ganitong pag-iisip? Tiyak na hindi ito tama. May problema ang iyong saloobin at ang disposisyon na iyong ibinubunyag. Sa iyong puso, iniisip mo na ang pagtanggap sa atas na ito ay nagbibigay sa iyo ng karapatan na gumamit ng kapangyarihan. Gusto mong ikaw ang magdedesisyon at walang sinuman ang pinapayagang magsalita. Para bang hindi mo kailangan ng pakikipagtulungan ng ibang mga tao, o para sa lahat na magpahayag ng kanilang mga opinyon; ang lahat ay nangyayari ayon sa sinasabi mo, ikaw ang bahala sa lahat. Anong uri ng disposisyon ito? Hindi ba't ito ay masyadong mapagmataas at walang katwiran? Ito ang disposisyon ng isang anticristo. Maaaring bahagyang mas mahusay ang kakayahan mo kaysa sa iba, maaaring mayroon kang kaunting pagkaunawa, at kaunting karanasan sa usaping ito. Gayumpaman, may isang bagay na kailangang maging malinaw sa iyo: Wala sa mga bagay na ito na taglay mo ang katotohanan. Kung naniniwala ka na ikaw ay medyo may mas mahusay na kakayahan, na may kaunting pagkaunawa, kaunting talento, at nagtataglay ng kaunting kaalaman, at itinuturing mo ang mga bagay na ito bilang katotohanan, at naniniwala na ang iyong sarili ay ang katotohanan, at iniisip na dapat

sumunod ang lahat sa iyong mga utos at sundin ang iyong mga pagsasaayos, hindi ba't disposisyon ito ng isang anticristo? Kung tunay mong ginagawa ang mga bagay sa ganitong paraan, ikaw ay walang iba kundi isang anticristo. Ano ang mali sa pagtrato mo sa iyong mga kaloob bilang ang katotohanan? Hindi mali ang mga taglay mong kakayahan, pagkaunawa, mga talento, at kaalaman. Kaya ano ang hinihimay natin dito? Ang hinihimay natin dito ay ang iyong disposisyon—isang tiwaling disposisyon na dinadala mo sa likod ng mga bagay na ito; isang mapagmataas na disposisyon, isang mapagmagaling na disposisyon. Kapag tinatrato mo ang iyong mga kaloob bilang katotohanan, naniniwala kang nasa iyo ang katotohanan dahil taglay mo ang mga kaloob na ito. Pinapalitan mo ang katotohanan ng gayong mga kaloob, kaya anong uri ng disposisyon ito? Hindi ba't ito ang disposisyon ng isang anticristo? Tinatrato ng lahat ng mga anticristo ang mga sarili nilang kaisipan, sarili nilang pagkatuto, mga kaloob, at mga talento bilang ang katotohanan. Iniisip nila na sa pagtataglay ng mga kaloob na ito, tinataglay nila ang katotohanan. Kaya naman hinihingi nila sa iba na sundin sila, sumunod sa kanilang mga utos, at magpasakop sa kanilang kapangyarihan. Dito nagkakamali ang mga anticristo. Tinataglay mo ba talaga ang katotohanan? Wala kang tunay na pang-unawa sa Diyos, ni wala kang isang may-takot-sa-Diyos na puso, lalong hindi ka isang tao na nagpapasakop sa Diyos, at hindi ka nagtataglay ng katotohanan kahit kaunti, pero mapagmataas, palalo, at mapagmagaling ka, iniisip na nagtataglay ka ng katotohanan, at na dapat kang sundin ng iba at sumunod sa iyong mga utos. Ikaw ay isang tunay na anticristo.

Ang gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo ay kinasasangkutan ng iba't ibang proyekto na nangangailangang mag-aral at matuto ang mga tao ng iba't ibang kasanayan at propesyon; gayumpaman, hindi nauunawaan ng ilang tao ang layunin ng Diyos at madaling naliligaw. Pinag-aaralan lang nila ang propesyonal na kaalaman at mga kasanayan nang hindi tinatanggap ang kahit katiting na katotohanan. Anong uri ng tao ito? (Isang taong may disposisyon ng isang anticristo na tumutuon sa mga kaloob.) Tama. Ito ang uri ng tao na inilalantad natin; ang ganitong uri ng tao ay may disposisyon ng isang anticristo at, sa malalalang kaso, siya ay isang anticristo. Ninanais niyang gamitin ang pagkakataong ito para matutunan ang mga bagay na ito at pagkatapos ay maging pinakamahusay sa pinakamahusay sa lahat ng nakakaalam ng propesyon o kasanayang ito, para maging pinakamatalino at pinakabihasa sa larangang ito nang sa gayon ay sumandig sa kanya ang iba para sa lahat ng bagay, at makinig sa kanya sa halip na magsagawa ng katotohanan habang nangunguna siya sa grupong ito. Doon nakaugat ang problema. Anong uri ng mga tao ang ganito? Iyong mga naghahangad lang na mag-aral at magbigay sa sarili nila ng lahat ng uri ng kaalaman, pagkatuto, at karanasan; na sumasandig sa kanilang kakayahan, mga talento, at mga kaloob para gawin ang lahat. Hindi magtatagal, tatahakin nilang lahat ang gayong landas. Hindi ito maiiwasan. Ito ang landas ni Pablo. Anuman ang lugar o larangan na iyong ginagalawan, ang pagkakaroon ng medyo mas maraming kaalaman, karanasan, o mga aral na natutunan kaysa sa iba ay hindi sapat para ipakita na nauunawaan mo ang katotohanan

o na nakapasok ka sa katotohanang realidad, at tiyak na hindi ito nangangahulugan na nakamit mo na ang katotohanan. Kaya, ano ang sapat na nakakapagpakita nito? Ang pagkakaroon ng mas mahusay na pang-unawa sa mga prinsipyo sa paggawa ng ganitong uri ng tungkulin, gayundin ang mga hinihinging pamantayan ng sambahayan ng Diyos para sa paggawa ng tungkuling ito habang pinag-aaralan ang mga propesyonal na kasanayang ito. May ilang tao na mas lumalaban habang mas sinisikap mong matuto sila ng propesyonal na kaalaman, at iniisip nilang imposibleng gawin ang kanilang tungkulin, sinasabi pa nga, “Ang pananampalataya sa Diyos ay dapat tungkol sa paglayo sa mundong walang pananampalataya, kaya bakit kailangan nating matutunan ang mga kasanayan at kaalaman ng mundong walang pananampalataya?” Ayaw nilang matuto. Katamaran ito. Hindi sila nagtataglay ng isang responsableng saloobin sa kanilang trabaho, wala silang katapatan, at ayaw nilang mamuhunan ng anumang pagsisikap sa gayong bagay. Ang layunin ng pag-aaral ng propesyonal na kaalaman at kasanayan ay para magawa mo nang maayos ang iyong tungkulin. Maraming kaalaman at sentido komun ang hindi mo pa nakatatagpo na kailangan mong matutunan. Ito ang hinihingi at atas ng Diyos sa tao. Samakatwid, hindi magiging walang kabuluhan ang pag-aaral ng mga bagay na ito; ang lahat ng ito ay para sa kapakanan ng paggawa mo ng iyong tungkulin nang maayos. Iniisip ng ilang tao na pagkatapos matutunan ang gayong mga kasanayan, magagawa nilang magkamit ng tiyak na lugar sa sambahayan ng Diyos. Hindi ba’t ang ganitong paraan ng pag-iisip ay nangangahulugan ng problema? Mali ang pananaw na ito. Mayroon bang sinumang may kakayahang tumahak sa landas na ito? Mas malaki ang kapangyarihan, mas malaki ang saklaw ng gawain, mas malaki ang responsabilidad na ibinigay sa ganitong uri ng tao, mas nasa panganib sila. Paano lumilitaw ang panganib na ito? Ito ay, siyempre, dahil mayroon silang mga tiwaling disposisyon, at disposisyon ng isang anticristo. Kapag gumagawa ng mga bagay-bagay, tumutuon lang sila sa kung paano gawin ang gawain at pabasta-basta. Hindi nila hinahanap ang mga prinsipyo. Hindi nila, sa pamamagitan ng proseso ng paggawa ng kanilang tungkulin, nauunawaan ang mga layunin ng Diyos, ni hindi nila higit na nauunawaan o higit na naaarok ang mga katotohanang prinsipyo. Hindi nila hinahanap ang mga prinsipyo, ni hindi nila sinusuri o sinisiyasat ang katiwaliang ibinubunyag nila, ang mga maling pananaw na lumilitaw sa kanila, o ang mga maling kalagayan na kinasadlakan nila habang ginagawa ang kanilang tungkulin. Tumutuon lang sila sa mga panlabas na gawi, binibigyang-pansin lamang ang pagpapakadalubhasa at pagsasangkap sa kanilang sarili ng iba’t ibang uri ng kaalaman na kinakailangan sa kanilang tungkulin. Naniniwala sila na, nasa anumang linya ng trabaho ang isang tao, ang kaalaman ang nangunguna sa lahat; na magiging malakas sila at maitatatag ang sarili nila sa isang grupo kung nagtataglay sila ng kaalaman; at na, anumang grupo ang kinabibilangan nila, ang mga may mataas na antas ng kaalaman at mas mataas na akademikong digri ay may mataas na katayuan. Halimbawa, sa isang ospital, ang direktor ng ospital sa pangkalahatan ay ang pinakamagaling sa lahat ng aspekto ng

propesyon at nagtataglay ng pinakamalakas na mga teknikal na kasanayan, at iniisip ng gayong mga tao na ito rin ang kaso sa sambahayan ng Diyos. Tama ba ang ganitong paraan ng pag-unawa sa mga bagay-bagay? Hindi, hindi ito tama. Salungat ito sa kasabihang: “Ang katotohanan ang naghahari sa sambahayan ng Diyos.” Pinaniniwalaan ng gayong mga tao na ang kaalaman ay naghahari sa sambahayan ng Diyos, na sinumang may kaalaman at karanasan, sinumang may sapat na senyoridad at sapat na puhunan ay mailuluklok sa sambahayan ng Diyos, at dapat makinig sa kanya ang lahat. Hindi ba’t mali ang pananaw na ito? Maaaring hindi sinasadya ng ilang tao na mag-isip at kumilos nang ganito; hinahangad nila ito, at baka isang araw ay makatatagpo sila ng isang balakid. Bakit marahil ay makatatagpo sila ng isang balakid? Mauunawaan ba ng isang taong hindi nagmamahal o naghahangad sa katotohanan, na lubusang binabalewala ang katotohanan, ang kanyang sarili? (Hindi.) At kahit na hindi niya nauunawaan ang sarili niya, sinangkapan niya ang sarili niya ng maraming kaalaman, nagbayad ng ilang halaga para sa sambahayan ng Diyos at gumawa ng ilang kontribusyon—ano ang kinahinatnan ng mga ito? Ginawa niyang puhunan ang mga ito. At para sa kanya, ano ang puhunang ito? Ito ay isang talaan ng kanyang pagsasagawa ng katotohanan, katibayan ng kanyang pagpasok sa katotohanang realidad at pag-unawa sa katotohanan. Ganito ang kinahinatnan ng mga bagay na ito. Sa puso ng bawat indibidwal, ang pag-unawa sa katotohanan at pagpasok sa katotohanang realidad ay itinuturing na isang mabuti at positibong bagay. Siyempre, totoo rin ito sa paningin ng ganitong uri ng tao. Bagaman, sa kasawiang-palad ay napagkamalan niyang katotohanan ang kaalaman. Gayumpaman, maganda pa rin ang pakiramdam niya sa pagkakamaling ito. Tanda ito ng panganib. Anong uri ng tao ang kikilos nang ganito? Ang lahat ng taong walang espirituwal na pang-unawa ay kikilos nang ganito, hindi namamalayang tumatahak sa maling landas. At sa sandaling naroon na sila, hindi mo na sila mahihila pabalik. Kung makikipagbahaginan ka sa kanila tungkol sa katotohanan, tutukuyin ang kanilang mga kalagayan, at ilalantad sila, hindi nila mauunawaan, hindi nila ito maiuugnay sa kanilang sarili. Ito ay isang seryosong kawalan ng espirituwal na pang-unawa. Likas na tinatrato ng gayong tao ang kanyang kaalaman, karanasan, at mga aral bilang katotohanan. At sa sandaling tanggapin niya ang mga bagay na ito bilang katotohanan, isang partikular na sitwasyon ang lilitaw kalaunan. Hindi ito maiiwasan. Ipagpalagay na nagsasabi ang Diyos ng isang bagay at ang ganitong uri ng tao ay nagsasabi ng isa pang bagay—tiyak na magkaiba ang kanilang mga perspektiba. Kung gayon, kaninong perspektiba ang ituturing na tama ng ganitong uri ng tao? Paniniwalaan niyang tama ang sarili niyang perspektiba. Kung ganoon, makakapagpasakop ba siya sa Diyos? (Hindi.) Ano ang gagawin niya? Kakapit siya sa sarili niyang perspektiba at itatanggi ang sinabi ng Diyos. Sa paggawa nito, hindi ba’t tinatrato niya ang sarili niya bilang pagsasakatawan ng katotohanan? (Oo.) Iniisip niya na, tulad ng isang Budista, sa wakas ay nakamit na niya ang tagumpay sa kanyang sariling paglilinang; habang itinatanggi niya ang Diyos, pinatatrato niya ang sarili niya sa iba bilang Diyos, at iniisip

na siya ay naging pagsasakatawan ng katotohanan. Napakakakatwa niyan! Halimbawa, sabihin na ang isang tao ay partikular na bihasa sa isang partikular na larangan ng kaalaman o linya ng gawain. Bilang isang karaniwang tao sa larangang ito, tinatanong Ko siya ng mga katanungang may kaugnayan sa larangang ito, pero kapag ginagawa Ko ito, nagsisimula siyang magyabang. Anong uri ng tao ito? Sabihin mo sa Akin, mali bang magtanong Ako sa kanila? (Hindi.) Kung gayon, bakit Ako nagtatanong sa kanila? Dahil ang ilang usapin ay may kaugnayan sa gawain at mga propesyon, at dahil hindi Ko nauunawaan ang mga ito, dapat Akong magtanong sa iba. Higit pa rito, alam Kong mayroon siyang karanasan at nauunawaan niya ang mga bagay na ito. Talagang tama para sa Akin na magtanong sa kanya. Tama ba ang Aking layunin at pamamaraan? (Oo.) Wala namang dapat na anumang mali rito, hindi ba? Kung gayon, ano ang tamang paraan kung paano dapat tratuhin ng taong iyon ang usaping ito? Dapat niyang sabihin sa Akin ang lahat ng nauunawaan niya. At pagkatapos, paano niya dapat isipin ito? Ano ang tamang paraan para pag-isipan ito? Ano ang maling paraan? Paano ito iisipin ng isang normal at makatwirang tao? Paano ito iisipin ng isang taong may disposisyon ng isang anticristo? Ang ilang tao, nang marinig na hindi Ako nakauunawa, ay nagsasabi na, “O, hindi mo nauunawaan! Hindi mo alam kung gaano kahirap para sa amin na gawin ito! Hindi mo ito alam at hindi mo ito nauunawaan!” Habang nagsasalita sila, nagsisimula silang magyabang. At ano ang ipinahihiwatig ng pagyayabang na ito? Na may problema. Kadalasang napakapino at napakamapitagan ng mga taong ito, pero bakit bigla silang nagsisimulang magyabang? (Itinuturing nila ang sarili nila bilang ang katotohanan dahil nakauunawa sila ng kaunting kaalaman at mayroon silang kaunting karanasan.) Tama iyan. Dati, kapag tinatanong sila ng iba, hindi nila iniisip na malaking bagay ito. Pero kapag tinatanong Ko sila, iniisip nila, “Hindi ba’t ikaw ang katotohanan? Hindi ba’t dapat nauunawaan mo ang lahat? Paanong hindi mo nauunawaan ang gayong usapin? Kung hindi mo ito nauunawaan, kung gayon ay mas mataas ako sa iyo.” Gusto nilang magyabang nang kaunti. Hindi ba’t ito ang iniisip nila? (Oo.) Hindi sila nakararamdam ng karangalan, sa halip ay sumasambulat mula sa kanila ang isang uri ng satanikong disposisyon. Bigla nilang nararamdaman na napakamakapangyarihan nila sa pagitan ng lupa at ng langit kung tutuusin! Hindi ba’t ito ay isang maling akala? Hindi ba’t hangal ang mga ito? (Oo.) Sa tingin Ko rin. Isang hangal lang ang mag-iisip nang ganito. Hindi ba’t nakauunawa lang sila nang kaunti tungkol sa larangang ito? Maraming bagay ang hindi alam ng mga tao; dapat magkaroon sila ng kaunting kamalayan sa sarili. Ang ilang tao ay may kaunting kaalaman tungkol sa mga tela at halos kaya nilang sabihin ang uri ng materyal sa paghipo lang dito. Kung pupurihin mo sila sa pagsasabing, “Mukhang alam mo ang mga tela,” sasagot sila: “Tama iyan. Hindi ninyo ito malalaman dahil hindi pa ninyo natutunan ang tungkol dito. Napag-aralan ko ang tungkol dito, mas eksperto ako tungkol dito kaysa sa inyo. Hindi kita minamaliit, kailangan mo lang talagang mag-aral pa.” Hindi ba’t medyo nakayayamot ito? Pagkatapos ay may mga taong nagluluto nang kaunti at nagsisimulang magyabang ng tungkol sa kung gaano karaming putahe

ang kaya nilang ihanda at kung gaano karaming pagkain ang kaya nilang lutuin. Ang ilang tao ay sandaling nagtrabaho bilang mga nakayapak na doktor sa kanayunan. Kapag nagkaroon ng bahagyang karamdaman ang kapatid nila at humiling ng masahe mula sa kanila o na magsagawa sila ng acupuncture o cupping para sa mga ito, at nagtanong ang mga ito kung mapagagaling ba sila nito, tumutugon sila ng: “Sa palagay mo ba napakadali nitong gamutin? Hindi ninyo nauunawaan. Alam naming lahat na nasa medikal na propesyon na komplikado ang katawan ng tao. May mga misteryo sa paglikha ng diyos sa tao. Kaya, depende sa mga sitwasyon kung magagamit ang acupuncture o cupping.” Sa realidad, sila man ay napakakaunti lang din ng nalalaman. Hindi nila magawang maipaliwanag nang malinaw ang anumang kondisyong medikal o magamot ang maraming sakit. Gayumpaman, alang-alang sa kanilang dignidad, nagmamataas pa rin sila, nagkukunwari, at umaasta na parang eksperto. Ang mga pagpapamalas ng iba’t ibang uri ng mga tao na ito ay nagpapakita na may disposisyon ni Satanas at disposisyon ng isang anticristo ang lahat ng tiwaling tao. Gayumpaman, may mga mas seryoso pa ngang kaso kung saan ang mga tao ay nagbabalat-kayo at nagpapanggap hanggang sa huli. Pinupuri man sila ng iba, nagkikimkim sila ng isang madilim na pag-iisip sa kaibuturan nila. Ano ang kaisipang ito? “Hinding-hindi ko ipapaalam sa sinuman ang aking tunay na pagkakakilanlan at ang aking tunay na mga kakayahan.” Halimbawa, kung isa lamang silang nakayapak na doktor, palagi nilang sinisikap na magbigay ng impresyon sa iba na isa silang kilalang doktor, hindi kailanman ginugustong malaman ninuman na sila ay isang nakayapak na doktor, o kung nakagagamot ba talaga sila ng mga sakit o hindi. Natatakot silang malaman ng ibang tao ang katotohanan ng kanilang sitwasyon. At hanggang saan nila pinagmumukhang mabuti ang kanilang sarili? Hanggang sa punto na iniisip ng lahat ng nakakasalamuha nila na hindi sila kailanman nagkakamali at wala silang anumang pagkukulang; na bihasa sila sa lahat ng kanilang natutunan at kayang gawin ang anumang bagay na kailangan ng iba. Kung tatanungin sila ng iba kung marunong silang magluto o hindi, sasabihin nilang kaya nila. Kapag tinanong kung kaya nilang maghanda ng isang piging na Manchu-Han, kahit iniisip nila sa sarili nilang, “Hindi ko kayang gawin iyon,” sasagot sila ng, “Oo!” kapag tinanong pa. Pero, kapag sinabihang gawin ito, magdadahilan sila para makatanggi. Hindi ba’t panlilinlang ito? Nagpapanggap silang alam ang lahat ng bagay, na kaya nilang gawin ang lahat, na kaya nilang gawin ang anumang bagay—hindi ba’t hangal sila? Pero hangal man sila o may kaunting kakayahan, ilang abilidad, o mga kaloob, ano ang isang bagay na karaniwan sa mga anticristo? Ito ay ang kanilang pagnanais na magpanggap na nauunawaan nila ang lahat ng bagay, na magpanggap na sila ang katotohanan. Kahit na hindi nila direktang sinasabing sila ang katotohanan, gusto nilang magpanggap na sila ang realidad ng lahat ng positibong bagay, na kaya nilang gawin ang lahat. Hindi ba’t ang implikasyon, kung ganoon, ay na sila ang pagsasakatawan ng katotohanan? Naniniwala sila na sila ang pagsasakatawan ng katotohanan, na lahat ng sinasabi nila ay tama, na ito ang katotohanan.

May ilang tao na inatasan ng isang espesyal na gawain ng ang Itaas. Nang malaman nila ito, inisip nila sa sarili nila na: “Ang gawaing ito ay ipinagkatiwala sa akin ng ang itaas, samakatwid ay mas lumaki ang aking kapangyarihan. Magkakaroon na ako ngayon ng pagkakataong ipakita ang aking mga talento at kapangyarihan. Ipapakita ko sa mga nasa ibaba kung gaano ako kakila-kilabot.” Kapag nakikipag-ugnayan sa mga kapatid, inuutusan nila ang mga ito, sinasabi na: “Humayo kayo at gawin ito!” Kapag tinanong kung paano ito gagawin, sinasabi nila: “Gagawin mo ba ito o hindi? Kung hindi, didisiplinahin ko kita! Utos ito mula sa ang itaas. Kakayanin mo bang salungatin sila sa pag-aantala nito? Kapag naghahanap ang ang itaas ng pananagutan, sino ang makakayang umako ng responsabilidad na ito?” Tumutugon ang mga kapatid: “Gusto lang namin itong malaman at maghanap ng mga prinsipyo sa paggawa nito, sa halip na gawin ito nang pabasta-basta at gamitin ang anumang paraan na sa tingin namin ay angkop. Dapat gawin ang lahat nang naaayon sa mga prinsipyo. Anuman ang usapin, o kung gaano man ito kaagaran o kaimportante; sino man ang nagkakatiwala nito, ang pagsunod sa mga prinsipyo ay isang hindi nababagong katotohanan. Ito ang aming tungkulin at dapat kaming maging responsable. Ang paghahanap sa mga prinsipyo ang hinihingi ng Diyos sa amin. Naghahanap at nanghihingi kami ng paglilinaw nang may responsableng saloobin. Walang mali rito. Kailangan mong linawin ang usaping ito para sa amin.” Pero, tumutugon sila ng: “Ano ang kailangang sabihin tungkol sa usaping ito? Puwede bang maging mali ang sinabi ng ang itaas? Bilisan mo at tapusin mo na ito!” Na tinutugunan ng mga kapatid ng: “Dahil sinabi ng ang Itaas, tiyak na gagawin namin ito agad. Pero puwede mo bang sabihin sa amin nang malinaw kung paano ito dapat gawin? Mayroon bang anumang partikular na alituntunin o tagubilin?” Sinasabi nilang: “Gawin ninyo ang sa tingin ninyong nararapat. Ang mga tagubilin mula sa ang itaas ay hindi gaanong detalyado. Alamin ninyo ito sa sarili ninyo!” Anong uri ng tao ito? Kalimutan muna natin ang tungkol sa kanyang motibo o ugat na dahilan sa paggawa nito; sa halip, suriin muna natin ang kanyang disposisyon. Mabuti ba ang diskarte niyang ito? (Hindi.) Paano siya nakaisip ng gayong diskarte? Normal na diskarte ba ito? (Hindi, hindi ito normal.) Hindi ito normal. Problema ba ito sa kanyang mental na kalagayan o sa kanyang disposisyon? (Isang problema sa kanyang disposisyon.) Tama iyan, problematiko ang disposisyon niya. May isang pagpapahayag na tinatawag na “naghihintay ng tamang pagkakataon.” Nangangahulugan ito na sa nakalipas, hindi sila nagkaroon ng tamang pagkakataon na patatagin ang kapangyarihan nila; pero, ngayong dumating na ang ganitong pagkakataon, sasamantalain nila ito at gagamiting dahilan para kumilos. Anong uri ng disposisyon ito? Anuman ang tungkulin na natanggap mo mula sa ang Itaas, hindi magbabago ang mga prinsipyo ng mga pagkilos mo. Kapag ipinagkatiwala sa iyo ng ang Itaas ang isang trabaho o gawain, ito ay isang atas lang na ipinagkatiwala sa iyo. Tungkulin mo ring gawin ito. Gayumpaman, pagkatapos tanggapin ang atas mula sa ang Itaas at kunin ang trabaho, masasabi mo bang ikaw ay isang embahador na may buong kapangyarihan at eksperto sa katotohanan? May awtoridad ka bang utusan ang

iba at gawin ang gusto mo? Pinapayagan ka bang sundin lang ang iyong mga sariling hilig, kumikilos ayon sa gusto mo alinsunod sa mga sarili mong kagustuhan at sa sarili mong paraan? Mayroon bang anumang pagkakaiba sa pagitan ng direktang pagkakatiwala sa iyo ng ang Itaas na gawin ang isang bagay at paggawa ng iyong karaniwang tungkulin gaya ng karaniwan mong ginagawa? Walang pagkakaiba; parehong tungkulin mo ang mga ito. Dahil parehong tungkulin mo ang mga ito, nagbago ba ang mga prinsipyo sa paggawa ng mga bagay? Hindi, hindi nagbago. Samakatwid, kung saan mo man tinanggap ang iyong tungkulin, pareho pa rin ang diwa at kalikasan ng iyong tungkulin. Ano ang ibig Kong sabihin dito? Ibig sabihin nito na dapat kang kumilos ayon sa mga prinsipyo anuman ang tungkulin na iyong ginagawa. Hindi ibig sabihin na dahil lang direktang ipinagkatiwala sa iyo ng ang Itaas na gawin ang isang bagay, magagawa mo ito sa anumang paraan mo gustuhin, at na ang anumang gagawin mo ay magiging tama at makatwiran. Kahit na may ilan kang abilidad, puwede ka bang lumihis sa landas ng paghahanap ng mga katotohanang prinsipyo? Isa ka pa ring tiwaling tao. Hindi ka naging diyos; wala ka sa isang espesyal na grupo. Ikaw ay ikaw pa rin at ikaw ay palaging magiging tao. Sa Bibliya, maraming tao ang personal na tinawag ng Diyos: Moises, Noe, Abraham, Job at marami pang iba. Marami ring tao ang nakausap ng Diyos; gayumpaman, wala ni isa sa mga taong ito ang naniwala na sila ay isang espesyal na tao o isang miyembro ng isang espesyal na grupo. Sa mga taong ito, personal na nakita ng ilan na nagpakita ang Diyos sa ningas ng apoy, narinig ng iba ang pananalita ng Diyos sa mga sarili nilang tainga, narinig ng ilan ang mga mensahero na naghatid ng mga salita ng Diyos, habang ang iba rin ay personal na tumanggap ng mga pagsubok ng Diyos. At mayroon bang sinuman sa kanila na itinuring ng Diyos na iba sa mga ordinaryong tao? (Wala.) Wala. Hindi ito ganoon nakikita ng Diyos. Pero kung ganoon mo ito nauunawaan at palaging tinitingnan ang iyong sarili bilang isang espesyal na tao, anong uri ng disposisyon mayroon ka? (Ang disposisyon ng isang anticristo.) Talagang ito ay ang disposisyon ng isang anticristo, na nakakatakot! Kahit pa ipinatong ng Diyos ang Kanyang mga kamay sa iyong ulo at pinagkalooban ka ng kapangyarihang gumawa ng mga himala na sinusupportahan ng banal na kapangyarihan o tumupad ng ilang gawain, palagi ka pa ring mananatiling tao; hindi ka magiging pagsasakatawan ng katotohanan. Ano ang ibig sabihin nito? Ibig sabihin nito na hindi ka kailanman magiging karapat-dapat na gamitin ang pangalan ng Diyos para sumalungat sa katotohanan at kumilos nang naaayon sa gusto mo, iyon ang pag-uugali ng arkanghel. Kung minsan, gumagamit ang Diyos ng mga espesyal na pamamaraan o mga espesyal na daluyan para ipagkatiwala sa mga partikular na tao na gumawa ng mga espesyal na bagay, na tumupad ng espesyal na gawain, o na maghatid ng mga espesyal na pangyayari o atas. Ito ay dahil naniniwala ang Diyos na may kakayahan ang mga taong ito na gampanan ang gayong gawain, na makukumpleto nila ang gawaing ipinagkatiwala sa kanila ng Diyos, na karapat-dapat sila sa pagtitiwala ng Diyos—at wala nang iba pa. Kahit na personal silang inatasan mismo ng Diyos, narinig ang mga pagbigkas mula sa bibig ng

Diyos, o nakipag-usap sa Diyos, hindi sila magiging iba sa isang ordinaryong tao; ni hindi sila itataas mula sa pagiging isang karaniwang nilikha tungo sa isang kakaiba o mas mataas na nilikha. Hindi iyon kailanman mangyayari. Samakatwid, sa gitna ng sangkatauhan, sa sambahayan ng Diyos, gaano man ka-espesyal ang ilang bagay tulad ng mga talento, pagkakakilanlan, katayuan, karanasan, o mga aral ng isang tao, hindi sila mababago para maging pagsasakatawan ng katotohanan. Kung ang isang tao ay walang pakundangang nagpapanggap na gayon, walang pag-aalinlangang isang anticristo ang taong iyon. Kahit na paminsan-minsan ay ibinubunyag ng ilang tao ang gayong disposisyon, puwede pa rin nilang tanggapin ang katotohanan at magsisi. Ang gayong mga tao ay may disposisyon ng isang anticristo at tumatahak sa landas ng isang anticristo; may pag-asa pa rin silang mailigtas. Gayumpaman, kung ang isang tao ay patuloy na nagpapanggap na pagsasakatawan ng katotohanan, patuloy na naniniwalang tama siya, at tumatangging magsisi, tunay siyang anticristo. Ang sinumang anticristo ay hindi tatanggap ng kahit katiting na katotohanan. Kahit ibunyag at itiwag siya, hindi pa rin niya makikilala ang sarili niya; at hindi rin siya tunay na makapagsisisi. Ang ilang lider at manggagawa ay mayroon lamang disposisyon ng isang anticristo. Ang mga prinsipyo nila sa pagkilos at ang mga landas na pinipili nila ay kapareho ng sa isang anticristo. Wala rin silang pagkamakatwiran at hindi nauunawaan ang katotohanan, ni hindi nila alam ang kalikasan at mga kahihinatnan ng kanilang mga pagkilos, at kumikilos sila nang walang ingat. Gayumpaman, ang pinagkaiba nila ay na kaya pa ring tanggapin ng ilan sa kanila ang mga sinasabi Ko. Kaya pa rin silang udyukan ng mga salita Ko at magsilbing babala sa kanila. Kahit na may disposisyon sila ng isang anticristo, kaya pa rin nilang tumanggap ng ilang katotohanan; kaya nilang tumanggap ng kaunting pagpupungos, kaya nilang tunay na makonsensiya at magsisi kahit papaano. Ito ang nagpapaiba sa kanila sa mga anticristo. Ito ang mga taong mayroon lang disposisyon ng isang anticristo. May pagkakatulad sa pagitan ng pagkakaroon ng kalikasang diwa ng isang anticristo at ng pagkakaroon ng disposisyon ng isang anticristo. Magkapareho talaga ang mga ito, na may parehong katangian sa pagitan ng isang anticristo at ng isang taong may disposisyon ng isang anticristo dahil pareho silang may disposisyon ng isang anticristo. Gayumpaman, kaya ng ilan sa mga taong ito ang tumanggap ng katotohanan at magpakita ng tunay na pagsisisi. Ang gayong tao ay hindi isang anticristo, kundi isang tao na may disposisyon ng isang anticristo. Ito ang pagkakaiba sa pagitan ng isang anticristo at ng mga may disposisyon ng isang anticristo. Ang sinumang hindi kayang tumanggap ng kahit katiting na katotohanan at walang tunay na pagsisisi ay isang tunay na anticristo. Ang sinumang kayang tumanggap ng katotohanan at may tunay na pagsisisi ay isang tao na may disposisyon ng isang anticristo at puwedeng maligtas. Dapat magawa mong malinaw na makilatis ang dalawang uri ng mga taong ito at hindi gumawa ng mga pikit-matang paglalarawan. Aling uri kayo? Puwedeng sabihin ng ilang tao na, “Bakit pakiramdam ko ay kapareho ako ng isang anticristo? Parang walang anumang pinagkaiba.” Tumpak ang pakiramdam na ito, walang malinaw na

pagkakaiba. Kung matatanggap mo ang katotohanan at makapagpapakita ng tunay na pagsisisi, iyon lang ang pagkakaiba; ito rin ay isang pagkakaiba pagdating sa pagkatao. Ibig sabihin, ang anticristo ay isang masamang tao. Ang tao na may disposisyon ng isang anticristo, sa kabilang banda, ay hindi isang masamang tao; may tiwaling disposisyon lang siya. Iyon lang ang pagkakaiba. Walang pagkakaiba sa kanilang mga tiwaling disposisyon, pare-pareho sila sa bagay na ito, ito ay isang pagkakatulad na tinataglay nilang lahat. Ang iba't ibang kondisyon ng tiwaling sangkatauhan na inilantad ng mga salita ng Diyos ay ganap na tumpak at hindi lumilihis kahit kaunti sa katunayan. Kapag binabasa ng hinirang na mga tao ng Diyos ang mga salita ng Diyos, pareho ang nararamdaman nilang lahat; pare-pareho silang lahat ng pang-unawa, nagkakaiba lang sa lalim ng kanilang mga karanasan. Kinikilala nilang lahat ang sarili nilang kayabangan at kawalan ng katwiran. Nagagawa nilang lahat na mapagtanto na mayroon silang napakaraming tiwaling disposisyon, na napakalalim ng pagkagawang tiwali ni Satanas sa sangkatauhan, at na hindi madali para sa Diyos na iligtas ang sangkatauhan. Kahit napakarami na nang nasabi, marami pa ring masasabi. Kinikilala nilang lahat na mahirap at kaawa-awa, bulag at mangmang ang sangkatauhan. Alam nilang lahat na si Satanas ang gumawang labis na tiwali sa sangkatauhan, na ang ugat ng katiwalian at kabuktutan ng sangkatauhan ay nakasalalay sa katiwalian at pagkontrol ni Satanas sa sangkatauhan. Pagkatapos gawing tiwali ni Satanas, nadungisan ang sangkatauhan ng lason ni Satanas, sa ganoon ay nabuo ang disposisyon ni Satanas at nawala ang pagkamakatwiran, konsensiya, at katwiran ng mga normal na tao. Nawalan ng kakayahan ang mga tao na makilala ang tama at mali. Kung hindi nagtatag ng mga batas ang Diyos para sa sangkatauhan, hindi malalaman ng mga tao kung tama o mali ang manakit o pumatay ng tao; o magnakaw o maging promiskuwal. Maniniwala sila na ang kanilang mga pagkilos ay makatwiran at na dapat silang kumilos sa ganoong paraan. Gayumpaman, pagkatapos na magpahayag ang Diyos ng mga batas at kautusan, nalaman ng mga tao na ang paggawa ng mga bagay na ito ay isang kasalanan; naging medyo normal ang kanilang pagkamakatwiran. Siyempre, ito lang ang pinakamababaw na antas ng pagkamakatwiran, na natural na magiging mas malalim kapag naunawaan na nila ang katotohanan. Ngayon, kung nagagawang higit na maunawaan ng mga tao ang iba't ibang katotohanan, na makilala ang sarili nila, mahanap ang tamang lugar nila, at tumpak na masukat ang lawak ng kanilang sariling kakayahan, pagkaunawa, at abilidad na maarok ang katotohanan, at kung nagagawa din nilang gamitin ang katotohanan bilang isang pamantayan at bumatay sa mga salita ng Diyos para malaman ang mga bagay-bagay tulad ng alin sa iba't ibang saloobin sa Diyos na tinataglay ng mga tiwaling tao ang positibo at alin ang hindi, at alin ang mga kuru-kuro at imahinasyon, at alin ang ayon sa katotohanan, mas magiging normal pa ang kanilang pagkamakatwiran. Samakatwid, ang katotohanan lang ang makapagbibigay sa mga tao ng bagong buhay. Gayumpaman, kung sasangkapan mo ang sarili mo ng kaalaman, bibigyang-diin ang mga partikular na gawi, at palaging magpapasikat, palaging itatanghal ang iyong sarili,

at palaging ipinagyayabang ang maliit na bahagi ng di masyadong kilala, di-makabuluhang kaalaman o pagkatuto at hindi mo hinahangad ang katotohanan, magagawa mo bang makamit ang bagong buhay na ito? Hindi, magiging delusyonang iyon. Hindi lang sa hindi mo ito makakamtan, mawawalan ka pa ng pagkakataon para sa kaligtasan, at iyon ay lubhang mapanganib!

Ang bawat isa sa inyo ay nakinig sa maraming sermon sa katotohanan at ngayon ay medyo mayroon nang kaunting pagkilatis tungkol sa iba't ibang uri ng mga tao. Kahit na nakikilatis mo ang masasamang tao at hindi mabubuting tao, hindi mo pa rin nakikilatis ang mga huwad na lider at anticristo. Ngayon, unti-unting nililinis ng sambahayan ng Diyos mula sa iglesia ang lahat ng hindi tumatanggap ng ni katiting na katotohanan, na kumikilos pa rin nang walang pakundangan at gumugulo at gumagambala sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Ipinapakita nitong umabot na ang gawain ng Diyos sa yugtong ito, at ang hinirang na mga tao ng Diyos ay nagsisimula nang magising. Nang nakipag-ugnayan Ako sa ilang tao sa nakalipas, pakiramdam Ko palagi na may isang uri ng “amoy” na nagmumula sa kanila. Anong uri ng amoy? Katulad lang ito ng amoy ng mababangis na halimaw at mababangis na hayop na tumitindig ang balahibo at umaalulong bago pa man makalapit sa kanila ang isang tao. Nagpapakita rin ang mga tao ng ilang pag-uugali na katulad ng sa mga hayop. Paano nabubuo ang mga pag-uugaling ito? Nagmumula ang mga ito sa mga tiwaling satanikong disposisyon na taglay ng mga tao. Ano ang ibig Kong sabihin sa “amoy”? Ang ibig Kong sabihin ay hindi mo nakikita ang pagiging taos-puso kapag tumingin ka sa kanilang mga mata; sa halip, sinasalubong ka ng isang blangkong, gumagalang tingin. Pakiramdam nila ay hindi ka nila masukat kaya gumagala ang kanilang mga mata kapag tumitingin sila sa iyo. Hindi ka rin makakita ng anumang pagkamatapat sa mga salitang binibigkas nila, dahil sa kaibuturan ay wala sila nito. Ano ang ibig Kong sabihin kapag sinasabi Kong wala silang pagkamatapat? Ibig Kong sabihin na kahit sino pa ang nakakahalubilo nila, may dependsibong barikada sa kalooban nila. Mararamdaman mo ang dependsibong barikadang ito sa pagtingin sa mga mata nila, sa tono ng boses nila, at paraan ng pagsasalita nila. Ito ang uri ng amoy na mayroon sila; nagbibigay ito ng pakiramdam sa isang tao na kahit na maraming sermon na siyang narinig, hindi pa rin niya nauunawaan ang katotohanan, ni hindi pa rin niya tinatahak ang landas ng kaligtasan. Gaano ka man magbahagi sa kanila tungkol sa katotohanan o maglantzad ng tiwaling disposisyon ng sangkatauhan; gaano mo man kataos-pusong tinatrato sila, tinutustusan sila, pinapastulan sila, o tinutulungan sila, hindi ka makakakuha ng isang taos-pusong saloobin mula sa kanila. Kaya, ano ang nasa kalooban nila? Pag-iingat, pagdududa—ito ang pinakakaraniwan; bukod pa rito, mayroon ding isang uri ng proteksiyon sa sarili at isang pagnanais na palagi silang tingalain. Samakatwid, ang mga salita nila, ang tingin sa mga mata nila, ang mga ekspresyon sa mukha nila, ang lahat ng ito ay nagbubunyag ng isang bagay na medyo hindi natural. Ibig sabihin, ang nakikita mo sa mga mata at ekspresyon nila ay iba sa kung ano ang iniisip nila sa kaibuturan. Sa madaling salita, mahina man ang loob ng isang tao, o

maingat, o may mga paghihirap sa kalooban niya, kung hindi mo nakikita ang pagkamatapat niya, hindi ba magiging problematiko ito? (Oo.) Sa katunayan, isa itong problema. Kaya, paano natin malalaman? Malalaman natin sa pag-uugali nila o sa paraan nila ng pagsasalita. Hindi nila sinasabi kung ano ang nasa isip nila; sa halip, pinipili nila ang mga salita na sa tingin nila ay angkop at nagbabahagi sa iyo ng tungkol sa mga bagay na napag-isipan na nila. Isa itong taktika sa pagdedepensa sa sarili ng mga walang pananampalataya. Sa tuwing may nangyayari sa kanila, tumitindig muna ang mga balahibo nila na parang parkupino, na pinoprotektahan ang sarili nila. Ang aktuwal nilang sitwasyon, ang mga abilidad at talento nila, ang mga pagkakamaling nagawa nila, ang pagkalito nila—kahit ang panlilinlang at pagpapaimbabaw nila—ay nakabalot lahat sa mga tinik nila, inilayo sa paningin ng panlabas na mundo, inilayo maging sa Aking paningin. Masyado silang nagsisikap na pagtakpan at ipresenta ang sarili nila at para protektahan din ang sarili nila. Saan nagmumula ang mga bagay na ito? Nakuha ng sangkatauhan ang mga bagay na ito pagkatapos gawing tiwali ni Satanas. Sa simula, pagkatapos likhain ng Diyos sina Adan at Eba, inakay Niya sila na manirahan sa Hardin ng Eden; sinabi Niya sa kanila kung aling mga bunga mula sa aling mga puno ang puwede nilang kainin, at kung alin ang hindi nila puwedeng kainin. Hubad sila at hindi nahihiya sa harap ng Diyos. At ano ang naisip nila tungkol dito? Inisip nila na ganito sila nilikha ng Diyos, na mayroon silang anumang ibinigay sa kanila ng Diyos, at na hindi nila kailangang magtago sa Diyos—hindi nila kailanman naisip na gawin iyon. Samakatwid, paano man sila magmukha sa harap ng Diyos, palaging bukas ang kanilang puso. Makikita mo ang pagiging taos-puso sa kanilang mga mata; wala silang mga depensa o pader na proteksiyon laban sa Diyos sa kaibuturan ng kanilang puso. Hindi nila kailangang protektahan ang sarili nila sa harap ng Diyos dahil alam nila, sa kaibuturan ng kanilang puso, na hindi banta ang Diyos sa kanila; lubos silang ligtas. Poprotektahan lang sila ng Diyos, mamahalin sila, at pahahalagahan sila. Hindi sila kailanman sasaktan ng Diyos. Sa kaibuturan, ito ang kanilang pinakapangunahin at matibay na kaisipan. Pero kailan ito nagsimulang magbago? (Nang kinain nila ang bunga ng puno ng kaalaman ng mabuti at masama.) Ang pagkain mula sa puno ng kaalaman ng mabuti at masama ay, sa katunayan, simboliko. Ibig sabihin nito na, simula noong unang inakit ni Satanas si Eba, unti-unti silang naakit ni Satanas, gumagawa ng mga kasalanan, gumagawa ng mga maling bagay, at tumatahak sa maling landas; pagkatapos, pumasok sa kanila ang lason ni Satanas. Hindi nagtagal, bago ang pagdating ng Diyos, sila ay madalas magtago sa Diyos, hindi nila ginustong mahanap sila ng Diyos. Bakit nila ginawa ito? Pakiramdam nila ay malayo sila sa Diyos. At saan nagmula ang distansyang ito? Ito ay dahil mayroong iba sa kalooban nila. Binigyan sila ni Satanas ng ilang kaisipan at pananaw; binigyan sila nito ng isang uri ng buhay, na nagdulot sa kanilang magduda at mag-ingat laban sa Diyos. Agad silang nagsimulang magtaka kung pagtatawanan sila ng Diyos kapag nakita silang hubo't hubad. Saan nagmula ang ideyang ito? (Mula kay Satanas.) Bakit hindi sila nag-isip nang ganito bago sila akitin ni Satanas? Sa oras na iyon, taglay

nila ang pinakaunang buhay na ibinigay ng Diyos; hindi sila natakot na pagtatawanan sila ng Diyos, ni hindi sila nagkaroon ng ganoong mga kaisipan. Gayumpaman, pagkatapos na maakit ni Satanang, ang lahat ay nagsimulang magbago. Una, naisip nilang, “Wala tayong suot na anuman. Hindi ba’t pagtatawanan tayo ng Diyos? Ibig sabihin ba nito na wala tayong kahihiyan?” Sunod-sunod na tanong ang nabuo sa isipan nila. At sa sandaling lumitaw ang mga kaisipang ito, hindi nila maiwasang magtago sa Diyos. Tiyak na naisip nila sa sarili nilang, “Kailan darating ang Diyos? Kung dumating nga ang Diyos, ano ang dapat kong gawin? Kailangan kong magtago agad!” Naramdaman nila ang pangangailangan na palaging magtago. Isa ba itong tiwaling disposisyon? (Oo.) Ang pang-aakit ni Satanang ang ugat ng tiwaling disposisyong ito. Kapag nagbabantay laban sa Diyos at nagtatago mula sa Kanya, magtitiwala pa rin ba sila sa Diyos sa kanilang puso? Sasandig pa rin ba sila sa Kanya? (Hindi.) Kaya, ano ang natira? (Pag-iingat.) Ang mga natitira lang na bagay ay pag-iingat at paghihinala, gayundin ang distansiya, takot, at pagdududa—nagkaroon ng lahat ng ito. Naisip pa nga nilang, “Sasaktan ba tayo ng Diyos? Nakahubad tayo at walang anuman para maipagtanggol ang ating sarili. Sasaktan kaya tayo ng Diyos? Papatayin kaya Niya tayo?” Hindi kailanman sumagi sa isip nila na ibinigay ng Diyos sa kanila ang kanilang buhay, at tiyak na hindi Niya sila papatayin nang basta-basta. Malabo ang pag-iisip nila, naging lito na sila. Ang paggawang tiwali ni Satanang sa sangkatauhan ay nagpapatuloy hanggang sa kasalukuyan; ang saloobin ng sangkatauhan sa Diyos ay makikita sa mga mata ng mga tao, at hindi kailanman nagbago. Wala na ang pagiging taos-puso; wala na ang tunay na pananalig, pagtitiwala, at pagsandig sa Diyos. Saan matatagpuan ang ugat nito? (Sa katiwalian ni Satanang.) Tama iyan, ito ay nasa katiwalian ni Satanang. Labis na pininsala ni Satanang ang sangkatauhan! Kahit na puwedeng isipin ng mga tao na ang panahon bago ginawang tiwali ni Satanang ang sangkatauhan ay medyo mabuti, sa realidad, kung ikukumpara sa panahon pagkatapos na mailigtas at maunawaan ang katotohanan at makilala ang Diyos, ang mga bagay noon ay hindi pa rin kasing ganda ng mga ito pagkatapos na mailigtas. Kung makakapili kayo, alin sa mga senaryo na ito ang pipiliin ninyo? (Ang panahon pagkatapos na mailigtas.) Sa totoo lang, hindi nararapat na piliin ng mga tao ang alinman sa dalawa; hindi makakapili ang mga tao. Itinakda ito ng Diyos, kapalaran ito ng sangkatauhan. Bago ginawang tiwali ni Satanang, kahit na nagtiwala at sumandig ang mga tao sa Diyos, hindi naunawaan ng naunang sangkatauhan ang katotohanan at hindi alam kung sino ang Diyos. Sa panahon ngayon, kahit papaano ay may konsepto nito ang mga tao; alam nila na nagmula ang sangkatauhan sa Diyos, na mga nilikha sila at na ang Diyos ang kanilang Lumikha. Alam nila na ang Diyos ang may kontrol sa lahat. Pero hindi nauunawaan ng mga tao noong panahong iyon ang mga bagay na ito. Medyo simple sila, ibig sabihin hindi sila natatakot na makita sila ng Diyos o pagtawanan sila, at bumabaling sila sa Diyos para sa lahat. Ganoon kasimple ang mga paniniwala nila. Gayumpaman, kilala ba nila kung sino ang Diyos? Hindi. Samakatwid, ang lahat ng gawaing ginawa ng Diyos ay may malalim na halaga at

malaking kahalagahan para sa sangkatauhan. Lahat ito ay mabuti. Kapag pinag-uusapan natin ang kasaysayan ng paghihimagsik ng sangkatauhan laban sa Diyos, medyo nalulungkot ba kayo? Ang dating matalik na relasyon sa pagitan ng sangkatauhan at ng Diyos ay naging napakalayo. Taos-pusong pinoprotektahan at minamahal ng Diyos ang sangkatauhan, pero pinagdududahan ng mga tao ang Diyos; nagtatago at lumalayo sila sa Diyos, tinitingnan pa nga nila ang Diyos bilang isang kaaway. Talagang nagdadala ng labis na kalungkutan ang sabihin ito. Pero maibabaling lang natin ang pagkamuhi natin kay Satanas; labis na ginawang tiwali ni Satanas ang sangkatauhan. Kahit na ginawang tiwali ni Satanas ang sangkatauhan nang ganoon kalala, may paraan ang Diyos para iligtas ang sangkatauhan. Gaano man nanggugulo si Satanas, hindi ito makaaapekto sa gawain ng Diyos sa pagliligtas sa sangkatauhan. Ito ang pagkamakapangyarihan-salahat ng Diyos, ang awtoridad ng Diyos.

Ang mga anticristo ay nagpapanggap bilang pagsasakatawan ng katotohanan kapag nagtamo na sila ng kaunting karanasan at kaalaman, at natuto ng ilang aral. Humigit-kumulang ay nagbahaginan na tayo tungkol sa paksang ito. Anong impormasyon ang nakuha ninyo mula rito? Anong mga katotohanan ang nauunawaan ninyo? (Hindi namin dapat pahalagahan ang kaalaman.) Ito ay isang aspekto. May iba pa ba? (Ang sangkatauhan ay hindi kailanman ang katotohanan at hindi dapat magpanggap na Diyos.) Ang pagpapanggap bilang katotohanan ay hindi isang positibong bagay sa sarili nito. Ang katotohanan ay hindi isang bagay na puwedeng magpanggap ang isang tao na siya ito; ito ang diwa ng Diyos. Ang Diyos ay nagbibigay sa iyo ng kaunting katotohanan—at ang pagkakamit ng kaunting katotohanan ay sapat na. Pero gusto ng ilang tao na maging pagsasakatawan ng katotohanan. Imposible ito. Ganap na walang batayan ang gayong mga pahayag. Higit pa rito, kung gustong maligtas ng mga tao sa pamamagitan ng pananampalataya sa Diyos, dapat nilang matutunang umasal sa isang praktikal na paraan at hindi maghangad ng pagiging perpekto. Kahit na ang salitang “pagiging perpekto” ay puwedeng umiral, ang ideya na nagiging perpekto ang mga taong nilikha ay hindi mapaninindigan. Ang pagiging perpekto ay matatagpuan lang sa Diyos. Sino sa mga tao, na puno ng katiwalian, ang perpekto? Lahat ng nilikha ng Diyos ay walang kapintasan. Ito ang tinatawag nating “pagiging perpekto.” Isipin ang mga isda sa dagat, ang mga ibon sa himpapawid, ang mga hayop na may pakpak at mga hayop na gumagala sa lupa—perpekto ang lahat ng ito. May mahahanap ka bang hindi mabuti? At nariyan ang biyolohikal na kadena na binuo ng lahat ng nabubuhay na bagay—napakaperpekto nito! Ang mga tiwaling tao ay puwede lang magdulot ng pagkawasak, ginagawa itong hindi perpekto, may depekto, at may kakulangan. Napakamakasarili at kasuklam-suklam! Lahat ng nilikha ng Diyos ay mabuti. Ang mga dahon sa mga puno ay may iba’t ibang hugis; ang mga hayop malaki at maliit ay may iba’t ibang uri ng pangangatawan, bawat isa ay may sariling gamit. Masyadong maalalahanin ang Diyos sa sangkatauhan; gayumpaman, ang sangkatauhan, na ginawang tiwali ni Satanas, ay nabigong pangalagaan ang lahat ng bagay. Sa halip, sinira ng sangkatauhan ang mga

bagay at sinayang ang masidhing layunin ng Diyos. Hindi pinahalagahan ng mga tao ang lahat ng ito; sa halip, puspusan nilang sinira ito, nilustay at winasak ang lahat ng yaman sa sukdulan. At ano ang resulta nito? Ano ang pinakahuling kinalabasan? Inaani nila ang kanilang itinanim! Nawasak ang kapaligiran, naputol ang kadena ng pagkain, narumihan ang hangin, at naging kontaminado ang tubig. Walang natural na pagkain ang natira; wala man lang malinis na tubig na maiinom. Samakatwid, hindi umiiral ang konsepto ng “pagiging perpekto” sa mga tao na ginawang tiwali ni Satanas. Ang sinumang tao na, sa ilalim ng bandera ng paghahangad ng katotohanan, ay nagsasabing perpekto siya o naghahangad na maging perpekto ay gumagawa ng isang pahayag na hindi mapatutunayan—ito ay isang mapanlinlang, mapanlihis na kasinungalingan. Gayumpaman, ang gayong mga tiwaling tao ay nagnanais na magpanggap na pagsasakatawan ng katotohanan! Nakagawa na sila ng napakaraming masamang bagay pero iniisip pa rin nila na makapagpapanggap sila na pagsasakatawan ng katotohanan! Hindi ba’t nangangahulugan ito na hindi nagbabago ang satanikong kalikasan nila? (Oo.) Ang hindi pagtataglay ng katotohanan pero nagnanais pa ring magpanggap na pagsasakatawan ng katotohanan, napakawalanghiya ng kauri ni Satanas!

Nobyembre 20, 2019

Unang Ekskursus

Kung Ano ang Katotohanan

Umawit tayo ng isang himno: Ang Buong Sangnilikha ay Dapat Sumailalim sa Kapamahalaan ng Diyos.

1 Nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay, kaya nga ginagawa Niyang sumailalim ang lahat ng nilikha sa Kanyang kapamahalaan at magpasakop sa Kanyang kapamahalaan; pamamahalaan Niya ang lahat ng bagay, para lahat ng bagay ay nasa Kanyang mga kamay. Lahat ng nilikha ng Diyos, pati na ang mga hayop, halaman, sangkatauhan, kabundukan at mga ilog, at mga lawa—lahat ay kailangang sumailalim sa Kanyang kapamahalaan. Lahat ng bagay sa kalangitan at sa lupa ay kailangang sumailalim sa Kanyang kapamahalaan. Hindi sila maaaring magkaroon ng anumang pagpipilian at kailangang magpasakop ang lahat sa Kanyang mga pamamatnugot. Ito ay iniutos ng Diyos, at ito ang awtoridad ng Diyos.

2 Pinamahalaan ng Diyos ang lahat, at inaayos at inihahanay ang lahat ng bagay, na ang bawat isa ay ibinubukod-bukod ayon sa uri, at ang bawat isa ay nasa lugar na kinabibilangan ng mga ito, ayon sa mga pagnanais ng Diyos. Gaano man iyon kalaki, walang anumang bagay ang makakahigit sa Diyos, lahat ng bagay ay nagsisilbi sa sangkatauhang nilikha ng Diyos, at walang anumang bagay ang nangangahas na sumuway sa Diyos o humingi ng anuman sa Diyos. Kaya ang tao, bilang isang nilikha, ay kailangan ding tuparin ang tungkulin ng tao. Siya man ang panginoon o tagapagalaga ng lahat ng bagay, gaano man kataas ang katayuan ng tao sa lahat ng bagay, isa pa rin siyang maliit na tao sa ilalim ng kapamahalaan ng Diyos; isang maliit na tao lang, isang nilikha, at hindi kailanman makahihigit sa Diyos.

—Ang Salita, Vol. I. Ang Pagpapakita at Gawain ng Diyos. Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao

Ano ang katotohanan sa himnong “Ang Buong Sangnilikha ay Dapat Sumailalim sa Kapamahalaan ng Diyos”? Aling linya ang katotohanan? (Ang lahat ng linya ay ang katotohanan.) Ano ang sinasabi ng huling linya? (“Gaano man kataas ang katayuan ng tao sa lahat ng bagay, isa pa rin siyang maliit na tao sa ilalim ng kapamahalaan ng Diyos; isang maliit na tao lang, isang nilikha, at hindi kailanman makahihigit sa Diyos.”) Hindi kailanman makahihigit ang tao sa Diyos, hindi kailanman makahihigit ang mga nilikha sa Diyos; ang lahat bukod sa Diyos ay mga nilikha. Hindi kailanman makahihigit ang tao sa Diyos; ito ang katotohanan. Magbabago ba ang katotohanang ito? Magbabago ba ito sa katapusan ng panahon? (Hindi.) Ito ang katotohanan. Sino ang makapagsasabi sa Akin kung ano ang katotohanan? (Ang katotohanan ang pamantayan para sa sariling asal, mga kilos, at pagsamba ng tao sa Diyos.) Dalawang beses na tayong nagbahaginan tungkol sa paksang “kung ano ang katotohanan,” kaya’t pag-usapan natin kung ano ang mga pamantayan. Ang mahalaga dito ay ang mga pamantayan. (Ang mga

pamantayan ay ang mga huwaran, tamang prinsipyo, kautusan, at tuntunin. Ang batayan ng pamantayan ay ang mga salita ng Diyos.) Sino pa ang gustong magpatuloy? (Ang pamantayan ay ang mga pinakahuwaran, pinakatamang prinsipyo, kautusan, at tuntunin na hango mula sa mga salita ng Diyos.) Idinagdag ang salitang “pinaka” rito, pero kailangan ba itong “pinaka”? Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng pagdaragdag ng salitang “pinaka” at hindi pagdaragdag nito? Gamit ang “pinaka,” may pangalawa sa pinaka, may pangatlo sa pinaka, at iba pa. Ano ang palagay mo tungkol sa pagdaragdag ng “pinaka”? (Hindi ito angkop, dahil ang katotohanan ay ang tanging huwaran. Kapag idinagdag ang “pinaka,” nagmumungkahi ito ng isang uri ng pagiging relatibo, kung saan ang iba pang bagay ay pangalawa at pangatlo rito.) Tama ba ang paliwanag na ito? (Oo.) May kaunting katuturan ito. Kung mayroon kayong tumpak na pananaw at pang-unawa sa depinisyon ng “kung ano ang katotohanan,” at malinaw ninyong nauunawaan na ang Diyos ang katotohanan, mauunawaan ninyo kung dapat bang idagdag ang salitang “pinaka,” kung tama ba ang pagdaragdag nito, kung anong kaibahan ang magagawa sa pagdaragdag nito, kung ano ang ibig sabihin sa hindi pagdaragdag nito, at kung ano ang ibig sabihin kung idaragdag ninyo ito. Kumpirmado na ngayong tama ang hindi pagdaragdag ng “pinaka.” Ano ang pagkakamaling nagawa ng taong nagdagdag ng salitang ito? Naisip niya na, anuman ang aspekto ng Diyos na inilalarawan, dapat idagdag ang salitang “pinaka.” Saan siya nagkamali sa pagkukumparang ito? Alin sa mga pahayag ng Diyos, aling katotohanan, ang nasalungat? (Ang mga nilikha ay hindi kailanman makahihigit sa Diyos; ang pagdaragdag ng salitang “pinaka” ay tila nagmumungkahi na may mga pangalawa at pangatlong ranggo sa pagitan ng mga nilikha at ng Diyos.) Tama ba ito? (Oo.) May kaunting katuturan ito; maipaliliwanag ito sa ganoong paraan. May iba pa bang pahayag na makapagpapatunay na hindi tama ang pagdaragdag ng salitang “pinaka” sa unahan? (May naaalala ako, na ang katotohanan ay maaari lang magmula sa Diyos, ang Diyos lang ang katotohanan, kaya hindi maaaring magkaroon ng mga relatibong ekspresyon ng ikalawang pinaka, ikatlong pinaka, at iba pa.) Tama rin ito. (Ang katotohanan ang pamantayan para sa sariling asal, mga kilos, at pagsamba ng tao sa Diyos. Ang mga kautusan, tuntunin, at pamantayan ay maaari lang magmula sa Diyos, at walang pamantayan o kautusan ang mga tao para sa kanilang mga pagkilos, at hindi rin sila makakapagtakda ng mga tuntunin para sa kanila, kaya hindi na kailangang idagdag ang salitang “pinaka.”) Medyo mas praktikal ang paliwanag na ito. May iba pa ba? (Ang awtoridad ng Diyos at ang diwa ng Diyos ay natatangi. Ang diwa ng Diyos ay ang katotohanan, at walang maikukumpara dito. Nagmumukhang hindi na natatangi ang katotohanan sa pagdaragdag ng salitang “pinaka.”) Ano ang masasabi ninyo sa pahayag na ito? (Mabuti.) Ano ang mabuti rito? (Tinutukoy nito na natatangi ang Diyos.) “Natatangi”—nakalimutan ninyong lahat ang terminong ito. Natatangi ang Diyos. Matatagpuan ba sa sangkatauhan ang mga pamantayang ipinahahayag sa bawat pangungusap na binigkas ng Diyos, gayundin ang bawat hinihingi ng Diyos sa tao? (Hindi.) Naglalaman ba ng mga bagay na ito ang kaalaman, tradisyonal na kultura, o mga kaisipan ng sangkatauhan?

(Hindi.) Kaya bang bumuo ng mga ito ng katotohanan? Hindi, hindi kaya ng mga ito. Samakatwid, ang pagdaragdag ng “pinaka” ay nagmumungkahi ng mga pangalawa at pangatlong ranggo, pinag-iiba ang mataas, mababa, at mas mababa pa, at hinahati ang mga bagay sa unang antas, ikalawang antas, ikatlong antas.... Nangangahulugan ito na ang lahat ng wastong bagay ay maaaring maging isang pamantayan ayon sa isang tiyak na pagkakasunud-sunod. Mauunawaan ba ito sa ganitong paraan? (Oo.) Kaya, ano ang problema sa pagdaragdag ng salitang “pinaka”? Binabago nito ang mga salita ng Diyos, ang katotohanan ng Diyos, sa isang bagay na relatibo, mas mataas lang kung ikukumpara sa kaalaman, mga pilosopiya, at iba pang wastong bagay na nasa mga tao na Kanyang nilikha. Hinahati nito ang katotohanan sa mga ranggo. Bilang resulta, ang mga wastong bagay na nasa mga tiwaling tao ay nagiging katotohanan din. Bukod dito, ang gayong mga bagay ay nagiging pamantayan din para sa mga pagkilos at sariling asal ng tao—sa medyo mas mababang antas lang. Halimbawa, ang mga bagay tulad ng pagiging sibilisado, pagiging magalang, kabaitan ng tao, at ilan sa magagandang bagay na taglay ng mga tao pagkapanganak ay nagiging pamantayan lahat—ipinahihiwatig nito na naging ano ang mga ito? (Ang katotohanan.) Naging katotohanan ang mga ito. Tingnan ninyo, binabago ng pagdaragdag ng salitang “pinaka” ang likas na katangian ng pamantayang ito. Kapag nagbago na ang kalikasan ng pamantayan, nagbabago rin ba ang depinisyon ng Diyos? (Oo.) Ano ang nagiging depinisyon ng Diyos? Sa depinisyon ng ito, hindi natatangi ang Diyos; ang awtoridad, kapangyarihan, at diwa ng Diyos ay hindi natatangi. Ang Diyos ay simpleng ang pinakamataas-na-ranggong papel na may kapangyarihan at awtoridad sa sangkatauhan. Ang sinumang indibidwal sa sangkatauhan na may abilidad at karangalan ay maituturing na kapantay ng Diyos at maihahambing sa Kanya, hindi lang kasing-taas o kasing-dakila Niya. Iyong mga medyo positibong tao at lider sa sangkatauhan ay maihahanay sa likod mismo ng Diyos, nagiging pangalawa, pangatlo, pang-apat sa katungkulan..., kung saan ang Diyos ang may pinakamataas na ranggo. Hindi ba’t ganap na binabago ng gayong interpretasyon ang pagkakakilanlan at diwa ng Diyos? Sa isang salita lang na “pinaka,” ang diwa ng Diyos ay ganap na nagbabago. Problema ba ito? (Oo.) Kaya, kung hindi idaragdag ang salitang “pinaka,” sa paanong paraan wasto ang mga salitang ito? (Nagpapahayag ang mga ito ng katunayan.) Ano ang katunayang ito? (Ito ay na ang Diyos ang katotohanan, prinsipyo, huwaran, at pamantayan.) Ito ay na ang Diyos ang pinagmumulan ng lahat ng pamantayang ito. Walang gayong pamantayan sa mga tiwaling tao, sa mga nilikha. Ang Diyos ang tanging pinagmumulan na nagpapahayag ng mga pamantayang ito. Ang Diyos lang ang nagtataglay ng diwang ito. Ang realidad at pamantayan ng lahat ng positibong bagay ay maaari lang magmula sa Diyos. Kung may alam ang isang tao tungkol sa mga prinsipyo para sa sariling asal, pagkilos, at pagsamba ng tao sa Diyos, may alam tungkol sa pamantayan, at nauunawaan ang ilang katotohanan, maaari ba siyang maging Diyos? (Hindi.) Siya ba ang pinagmumulan ng katotohanan? Ang tagapagpahayag ng lahat ng katotohanan? (Hindi.) Kung gayon ay maaari ba siyang

tawaging Diyos? Hindi. Ito ang pangunahing pagkakaiba. Nauunawaan ba ninyo? (Oo.) Bagaman dalawang beses Ko na ngayong tinalakay ang paksang “kung ano ang katotohanan,” ang mga sagot ninyo ay naglalaman pa rin ng gayong napakalaking pagkakamali, na ang Diyos ay ginagawang isa sa mga nilikha, ginagawang kapantay ng Diyos ang mga nilikha, pinagpapantay ang ugnayan sa pagitan ng dalawa. Binabago nito ang kalikasan ng isyu, na kapareho ng pagtangga sa Diyos. Ang Diyos ang Lumikha, ang mga tao ang mga nilikha—ang dalawang ito ay hindi mga papel ng parehong ranggo. Pero ano ang mangyayari kapag idinagdag mo ang salitang “pinaka”? Magiging pareho sila pagdating sa diwa at ranggo, nagkakaiba lang pagdating sa kahigitan o kababaaan. Nang tinanong Ko kayo nang detalyado tungkol dito, naisip ninyo sa sarili ninyo, “Hindi ba’t pangmamaliit ito sa amin? Lahat tayo ay edukadong tao, paano natin makakalimutan ang kaunting salitang ito? Mapag-uusapan natin ang tungkol dito nang walang kahirap-hirap nang hindi na nga kinakailangang tingnan ang ating mga tala.” Nalantad ang problema sa sandaling ibinuka ninyo ang inyong bibig. Pagkatapos Kong magsalita, binasa ninyo ito nang ilang beses at hindi ninyo pa rin ito kayang ulitin nang tama. Ano ang dahilan nito? Hindi ninyo pa rin nauunawaan ang katotohanan kaugnay nito. May nagdagdag ng salitang “pinaka” at inisip na, “Wala sa inyo ang nagdagdag ng ‘pinaka’; wala kayong gaanong pananalig sa Diyos, ha? Tingnan ninyo ako, idinagdag ko ang ‘pinaka.’ Ipinakikita niyon na edukado ako—hindi nasayang ang oras ko sa kolehiyo!” Pagkatapos niyang idagdag ang “pinaka,” hindi napansin ng karamihan sa inyo ang problema. Naramdaman ng ilan sa inyo na may mali, pero hindi maipaliwanag kung bakit. Pagkatapos itong ipaliwanag ng iba, naunawaan ninyo ito sa teorya, at alam ninyong wasto ang paliwanag. Pero naunawaan ninyo ba ito pagdating sa katotohanan? (Hindi.) Nagbahagi Ako tungkol sa kung bakit mali ang pagdaragdag ng salitang “pinaka,” at naunawaan ninyo ito, pero tunay ninyo bang naunawaan ang diwa ng isyu? (Hindi.) Hindi ninyo ito nakita nang malinaw. Bakit ganoon? (Hindi namin nauunawaan ang katotohanan.) At bakit hindi ninyo nauunawaan ang katotohanan? Hindi ninyo ba naunawaan ang sinabi Ko? Kung naunawaan ninyo, paanong hindi ninyo pa rin nauunawaan ang katotohanan? Ilang kabanata ang mayroon sa paksang “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi”? Ilang beses ninyong binasa ang mga ito? Talaga bang nauunawaan ninyo ang mga salitang ito? (Hindi.) Hindi ninyo nauunawaan, kaya ginawa ninyong hangal ang inyong sarili ngayon. Inilantad kayo ng mga salitang ito. Hindi ba’t ganoon? (Oo.) May natutunan ba kayong anuman mula rito? Magmamagaling pa rin ba kayo sa susunod na makatagpo kayo ng ganito? Hindi kayo mangangahas, tama? Kung hindi nauunawaan ng isang tao ang katotohanan, gaano man karaming edukasyon o kaalaman ang magiging kapaki-pakinabang. Kung hindi ka edukado at hindi mo alam kung paano gamitin ang salitang ito, maaaring hindi mo idagdag ang salitang “pinaka,” at maaaring hindi lumitaw ang problemang ito. Kahit papaano, hindi mo sana nagawa ang pagkakamaling ito at hindi mo sana pinagmukhang hangal ang iyong sarili. Pero dahil edukado ka at nauunawaan mo ang kahulugan at paggamit ng ilang partikular na

salita, inilapat mo ang mga ito sa Diyos. Bilang resulta, idinulot mong lumitaw ang isang problema, ginagawang kapalpakan ang katalinuhan. Kung ilalapat mo ito sa isang tao, pang-iidolo at pambobola lang ito, na sa pinakamalala ay kasuklam-suklam lang. Pero kung ilalapat mo ito sa Diyos, nagiging seryoso ang problema. Nagiging salita ito na tumatanggi sa Diyos, lumalaban sa Diyos, at kumokondena sa Diyos. Ito ang pagkakamali na pinakamalamang na magagawa ng mga tiwaling tao na walang katotohanan. Sa hinaharap, mag-ingat na huwag basta-bastang magdagdag ng mga pang-abay o pang-uri. Bakit? Dahil iyong may kinalaman sa pagkakakilanlan, diwa, mga salita, at disposisyon ng Diyos ay ang mga larangan kung saan pinakanagkukulang ang mga tiwaling tao, at kung saan pinakamababaw at pinakakapos ang kanilang pang-unawa. Samakatwid, ang mga taong hindi nakauunawa sa katotohanan ay dapat maging maingat na huwag kumilos nang padalos-dalos; mas mabuting maging maingat.

I. Isang Paghihimay sa Ideya ng “Huwag Pagdudahan ang mga Taong Kinukuha Mo sa Trabaho, at Huwag Mong Kuhain sa Trabaho ang mga Taong Pinagdududahan Mo”

Kakapaliwanag lang ng ilang tao sa depinisyon at konsepto ng katotohanan. Nauunawaan ninyo ang depinisyon at konsepto ng katotohanan, pero nauunawaan ninyo ba talaga kung ano ang katotohanan? Kailangan Ko kayong subukin dito. Paano Ko kayo susubukin? Gagamitin Ko ang inyong mga kalakasan para subukin kayo. At ano ang inyong mga kalakasan? Pamilyar kayo sa kaalaman, mga salita, at bokabularyo; sa iba’t ibang pilosopiya at diskarte sa mga makamundong pakikitungo na taglay ng mga tao sa bawat pulutong; at sa mga tradisyonal na kultura ng tao, pati na rin sa kanilang mga kuru-kuro at imahinasyon. Pamilyar din kayo sa iba’t ibang kautusan at kuru-kuro na isinasabuhay ng mga tao sa lahat ng lahi, etnisidad, at nasyonalidad. Hindi ba’t ang mga ito ang kalakasan ninyo? Kabilang sa mga ito ang ilang medyo nakasanayan nang idyoma, ang ilan ay mga salawikain, at ang ilan ay mga kasabihan; ang ilan ay mga madaling sabihin at tandaan na kolokyalismo na karaniwang ginagamit ng mga ordinaryong tao. Tanungin ninyo ang inyong sarili, ano ang mga bagay kung saan madalas magkaroon ang mga tao ng malalalim na kaisipan at pananaw na ginagawa nilang idyoma? Himayin muna natin ang ilang kasabihan, idyoma, at kautusan, gayundin ang diskarte ng mga tao sa mga makamundong pakikitungo at ang kanilang mga tradisyonal na kuru-kuro, para eksakto nating maunawaan kung ano ang katotohanan. Tatalakayin natin kung ano talaga ang katotohanan mula sa isang negatibong perspektiba. Magandang diskarte ba ito? (Oo.) Kaya, bigyan ninyo kami ng isa bilang pasimula. (Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo.) Tama ba ang pahayag na ito? (Hindi.) “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo.” Simulan muna nating magbahagi tungkol dito. Sige at ipaliwanag ninyo kung ano ang ibig sabihin ng kasabihang ito. (Nangangahulugan ito na dapat kang

magtiwala sa mga taong kinukuha mo sa trabaho nang hindi nagiging mapagbantay sa kanila. Kung hindi mo pinagkakatiwalaan ang isang tao, huwag mo siyang kuhain sa trabaho.) Ito ang literal na interpretasyon. Una, sabihin ninyo sa Akin, sumasang-ayon ba o hindi sumasang-ayon sa kasabihang ito ang karamihan ng tao sa mundo? (Sumasang-ayon.) Sumasang-ayon sila rito. Patas na sabihing karamihan ng tao sa lipunang ito ay sumusunod sa kasabihang, “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo,” bilang isang prinsipyo para sa pagkuha sa iba sa trabaho, at sinusunod nila ang prinsipyong ito sa kung paano nila tinatrato ang mga tao. Kaya, tama ba ang anumang aspekto ng kasabihang ito? (Hindi.) Bakit, kung gayon, karamihan sa mga walang pananampalataya ay naniniwalang tama ang kasabihang ito at tinatanggap at inilalapat ito nang walang pag-aalinlangan? Ano ang motibasyon nila sa paggawa nito? Bakit sinasabi nila ito? May ilang tao na nagsasabi: “Kung kukuhain mo sa trabaho ang isang tao, hindi mo siya maaaring pagdudahan; dapat kang magtiwala sa kanya. Dapat kang magtiwala na mayroon siyang talento at karakter para matapos ang trabaho, at na magiging tapat siya sa iyo. Kung nagdududa ka sa kanya, huwag mo siyang kuhain sa trabaho. Wika nga sa isang kasabihan, ‘Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo.’ Tama ang kasabihang ito.” Sa totoo lang, ang kasabihang ito ay walang iba kundi mapanlinlang na maladiyablong usapan. Saan ito nanggagaling? Ano ang intensiyon nito? Ano ang pakana nito? (O Diyos, naaalala ko na noong huling pagbabahaginan, nabanggit na ang ilang tao, kung ayaw nilang makialam ang iba sa gawain nila, ay magsasabi, “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo.” Ang ibig sabihin nila ay, “Dahil ibinigay mo sa akin ang trabahong ito at ginagamit mo ako, hindi mo dapat pakialaman ang aking gawain—hindi ka dapat makialam sa aking ginagawa.”) Anong uri ng disposisyon mayroon ang mga taong gumagamit ng kasabihang ito? (Ang disposisyon ng isang anticristo, arbitraryo at pagsunod sa sarili nilang kagustuhan.) Ito talaga ang disposisyon nila. Iyong mga gumagamit o nakaisip ng kasabihang ito, sila ba iyong kumukuha ng mga tao sa trabaho o ang mga kinukuha sa trabaho? Sino ang higit na nakikinabang sa kasabihang ito? (Iyong mga taong kinukuha sa trabaho.) Paano nakikinabang ang mga taong kinukuha sa trabaho sa kasabihang ito? Kung paulit-ulit nilang binibigyang-diin ang kasabihang ito sa kanilang amo, itinatanim nila ang isang tiyak na uri ng kaisipan sa kanila; may kalikasan ito ng pagtatanim sa isip o indoktrinasyon. Katumbas ito ng pagsasabi sa amo: Kapag kinukuha mo sa trabaho ang isang tao, dapat kang magtiwala na magiging tapat siya sa iyo. Dapat kang magtiwala na gagawin niya nang maayos ang trabaho, na mayroon siya ng kakayahang ito. Hindi mo siya dapat pagdudahan, dahil ang pagdududa sa kanya ay magiging sa iyong sariling kapinsalaan. Kung palagi kang nagdadalawang-isip, kung palagi mong iniisip na palitan siya ng iba, maaaring makaapekto ito sa katapatan niya sa iyo. Sa pagkarinig nito, madali bang maiimpluwensiyahan o malilihis ang amo sa

kasabihang ito? (Oo.) At kapag naimpluwensiyahan o nailihis ang amo, ang taong kinukuha sa trabaho ang makikinabang. Ipagpalagay nang tinatanggap ng amo ang ganitong uri ng pag-iisip, at hindi siya nagkikimkim ng pagdududa o paghihinala sa taong kinukuha niya sa trabaho; hindi siya nangangasiwa o nagtatanong tungkol sa gawaing ginawa ng taong iyon, kung tapat ba ang taong iyon sa kanya, o kung may abilidad ba ang taong iyon na gawin ang mga bagay na ito. Sa ganoong kaso, ang taong kinukuha sa trabaho ay makakaiwas sa pangangasiwa at pamamahala ng amo na ito at pagkatapos ay magagawa ang anumang gustuhin niya nang hindi sumusunod sa kahilingan ng kanyang amo. Sabihin ninyo sa Akin, kapag ginagamit ng isang taong kinuha trabaho ang kasabihang ito, talaga bang mayroon siyang karakter na maging ganap na tapat sa kanyang amo? Talaga bang hindi na niya kailangang pangasiwaan? (Hindi.) Bakit natin sinasabi iyon? Ito ay isang katunayang kinikilala ng lahat mula noong sinaunang panahon hanggang sa kasalukuyan na ang mga tao ay malalim na tiwali, na mayroon silang mga tiwaling disposisyon, at na partikular silang tuso at mapanlinlang; walang matapat na tao at kahit ang hangal ay nagsisinungaling. Nagdudulot ito ng malaking paghihirap pagdating sa pagkuha sa trabaho sa ibang tao, at halos imposibleng makahanap ng isang tao na karapat-dapat pagkatiwalaan, lalo pa ang isang taong lubos na maaasahan. Ang paghahanap ng ilang medyo kalipikadong kuhain sa trabaho ang pinakamainam na maaasahan ng isang tao. Yamang walang taong karapat-dapat na pagkatiwalaan, paano, kung gayon, nagiging posible na “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo”? Hindi ito posible, dahil walang sinumang maaasahan. Kaya, paano natin, kung gayon, dapat gamitin iyong mga medyo kalipikadong kuhain sa trabaho? Magagawa lang natin ito sa pamamagitan ng pangangasiwa at direksiyon. Nagpapadala ang mga walang pananampalataya ng mga impormante at espiya para masubaybayan ang taong kinuha nila sa trabaho para magarantiya ang isang relatibong pakiramdam ng katiyakan para sa sarili nila. Kaya, niloloko ng mga tao noong sinaunang panahon ang kanilang sarili nang sabihin nila, “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo.” Ang taong lumikha ng terminong ito, “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo,” ay hindi tunay na inilapat ang kasabihang ito sa kanyang sarili. Kung talagang ginawa niya, naging isa sana siyang tao na walang isip, isang nangungunang hangal na maaari lang malinlang at madaya. Hindi ba’t ito ay katunayan? Pag-usapan natin kung saan matatagpuan ang pinakamalaking depekto sa “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo.” Ano ang pundasyon para sa “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo”? Ito ay na dapat na ganap na maaasahan, at tapat at responsable ang taong kinuha sa trabaho. Dapat may 100% katiyakan na gayong tao ang tauhan

para mailapat ng amo ang kasabihang “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo.” Sa panahon ngayon, wala nang mahahanap na gayong mga mapagkakatiwalaang indibidwal; halos hindi na umiiral ang mga ito, ginagawang walang katuturan ang pahayag na ito, “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo.” Kung pipili ka ng isang hindi mapagkakatiwalaang tao at pagkatapos ay ilalapat ang kasabihang “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo” para pigilan ang iyong mga pagdududa tungkol sa taong iyon, hindi ba’t niloloko mo ang iyong sarili? May kakayahan ba ang taong kinuha sa trabaho na maging mapagkakatiwalaan at gumawa ng mga bagay-bagay sa isang tapat at responsableng paraan dahil lang sa hindi mo siya pinagdududahan? Sa realidad, magpapatuloy siyang kumilos ayon sa anong uri siya ng tao anuman ang iyong pagdududa. Kung mapanlinlang siyang tao, patuloy siyang gagawa ng mga bagay na mapanlinlang; kung isa siyang taong totoo, patuloy siyang gagawa ng mga bagay na walang panlilinlang. Hindi ito nakasalalay sa kung nagdududa ka sa kanya o hindi. Sabihin, halimbawa, na kinuha mo sa trabaho ang isang mapanlinlang na tao. Alam mo sa puso mo na mapanlinlang ang taong ito, gayumpaman, ay sinasabi mo sa kanya, “Hindi ako nagdududa sa iyo, kaya’t magpatuloy ka at gawin ang iyong trabaho nang may kumpiyansa”; magiging isa bang taong totoo ang taong iyon na gumagawa ng mga bagay na walang panlilinlang dahil lang sa hindi mo siya pinagdududahan? Posible ba iyon? Sa kabaligtaran, kung gagawin mong tauhan ang isang taong totoo, magiging mapanlinlang na tao ba siya dahil nagdududa ka sa kanya o hindi mo siya nauunawaan? Hindi, hindi siya magiging ganoon. Samakatwid, ang kasabihang “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo” ay isang purong pagtatangka ng isang hangal para sa kapayapaan ng isipan, ito ay isang kalokohang panlilinlang sa sarili. Hanggang saan ang katiwalian ng sangkatauhan? Ang paghahangad sa katayuan at kapangyarihan ay nagdulot sa mga ama at mga anak na lalaki, gayundin sa magkakapatid na lalaki, na magkalaban at magpatayan; nagdulot ito na kamuhian ng mga ina at mga anak na babae ang isa’t isa. Sino ang maaaring magtiwala sa sinuman? Walang tao na lubos na maaasahan, mga taong medyo puwede lang kunin sa trabaho. Sinuman ang kinuha mo sa trabaho, ang tanging paraan para maiwasan ang mga pagkakamali ay sa pamamagitan ng pagmamatyag o pangangasiwa sa kanila. Kaya ang, “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo” ay isang kasabihang mapanlinlang sa sarili. Ito ay kalokohan, baluktot na pangangatuwiran, at talagang walang batayan. Bakit ipinahahayag ng Diyos ang katotohanan at ginagawa ang gawain ng paghatol para linisin at iligtas ang sangkatauhan sa mga huling araw? Ito ay dahil malalim na ginawang tiwali ang sangkatauhan. Walang sinuman ang tunay na nagpapasakop sa Diyos, at walang sinumang angkop para sa

paggamit ng Diyos. Kaya, paulit-ulit na hinihingi ng Diyos na maging matapat ang mga tao. Ito ay dahil masyadong mapanlinlang ang mga tao, puno sila ng tiwaling disposisyon ni Satanas at may kalikasan ni Satanas. Hindi nila mapigilan ang sarili nilang magkasala at gumawa ng kasamaan, at may kakayahan silang labanan at ipagkanulo ang Diyos kahit saan at sa kahit anong oras. Walang sinuman sa mga tiwaling tao ang maaaring magamit o mapagkakatiwalaan. Tunay na mahirap pumili at gumamit ng isang tao mula sa sangkatauhan! Una sa lahat, imposible para sa mga tao na tunay na maunawaan ang isang tao; ikalawa, hindi makilatis ng mga tao ang pagkatao ng iba; ikatlo, sa mga espesyal na sitwasyon, mas imposible pa nga para sa mga tao na pigilin o pamahalaan ang iba. Sa ganitong kalagayan, ang paghahanap ng isang taong magagamit ay ang pinakamahirap na bagay na gawin. Ang kasabihang “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo” samakatwid ay lubos na mali at hindi talaga praktikal. Ang pagpili at paggamit sa isang tao batay sa kasabihang ito ay paghingi lang na malinlang. Ang sinumang itinuturing na tama at katotohanan ang kasabihang ito ay ang pinakahangal sa mga tao. Malulutas ba talaga ng kasabihang ito ang suliranin sa paggamit ng iba? Hindi talaga. Isa lang itong paraan ng pang-aaliw sa sarili, nagsasagawa ng panlilinlang sa sarili at panloloko sa sarili.

Sa puntong ito ng ating pagbabahaginan, mayroon na ba kayong batayang pang-unawa kung tama ba ang kasabihang “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo”? Katotohanan ba ang kasabihang ito? (Hindi.) Kung gayon, ano ito? (Pilosopiya ni Satanas.) Higit na partikular, nagsisilbing dahilan ang kasabihang ito para sa isang taong gustong makalusot o makawala mula sa pangangasiwa o pagsubaybay ng iba; isa rin itong panabing na ipinalalaganap ng lahat ng masamang tao para protektahan ang mga sarili nilang interes at makamit ang mga sarili nilang layon. Ang kasabihang ito ay isang dahilan para sa mga taong nagkikimkim ng mga lihim na motibo para gawin ang anumang gustuhin nila. Isa rin itong baluktot na pangangatuwiran na ipinalaganap ng gayong mga tao para makatwirang kumawala mula sa pangangasiwa, pamamahala, at pagkondena ng moral na hustisya at konsensiya. Ngayon, gayumpaman, may ilang tao na naniniwalang praktikal at tama ang kasabihang “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo.” May pagkilatis ba ang gayong mga tao? Nauunawaan ba nila ang katotohanan? Problematiko ba ang mga kaisipan at pananaw ng gayong mga tao? Kung ang isang tao sa loob ng iglesia ay nagpapalaganap ng kasabihang ito, ginagawa niya ito nang may motibo, sinusubukan niyang ilihis ang iba. Sinusubukan niyang gamitin ang kasabihang “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo” para pawiin ang mga pag-aalinlangan o pagdududa ng iba tungkol sa kanya. Sa di-tuwirang salita, nangangahulugan ito na gusto niyang magtiwala ang iba na magagawa niya ang gawain,

na magtiwala na siya ay isang taong maaaring gamitin. Hindi ba't ito ang kanyang intensiyon at layon? Tiyak iyon. Iniisip niya sa sarili niya, "Hindi kayo kailanman nagtitiwala sa akin at palagi kayong nagdududa sa akin. Sa isang punto, malamang na makakakita kayo ng kaunting problema sa akin at tatanggalin ninyo ako. Paano ako makakapagtrabaho kung palaging ito ang nasa isip ko?" Kaya't ipinalalaganap niya ang pananaw na ito para pagkatiwalaan siya ng sambahayan ng Diyos nang walang pag-aalinlangan at hayaan siyang magtrabaho nang malaya, sa gayon ay nakakamit ang kanyang layon. Kung hinahangad talaga ng isang tao ang katotohanan, dapat niyang tratuhin nang maayos ang pangangasiwa ng sambahayan ng Diyos sa kanyang gawain kapag nakikita niya ito, alam na ito ay para sa kanyang sariling proteksiyon at, higit sa lahat, na pagiging responsable rin ito para sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Bagaman maaari niyang ibunyag ang kanyang katiwalian, maaari siyang manalangin sa Diyos para hilingin sa Kanya na siyasatin at protektahan siya, o manumpa sa Diyos na tatanggapin niya ang Kanyang pagpaparusa kung gagawa siya ng kasamaan. Hindi ba nito mapatatahimik ang kanyang isipan? Bakit magpapalaganap ng baluktot na pangangatuwiran para ilihis ang mga tao at kamtin ang sariling layunin? May ilang lider at manggagawa na palaging may saloobin ng paglaban sa pangangasiwa ng hinirang na mga tao ng Diyos o sa mga pagsisikap ng mga nakatataas na lider at manggagawa na malaman ang tungkol sa kanilang gawain. Ano ang iniisip nila? "Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo.' Bakit palagi ninyo akong pinangangasiwaan? Bakit ginagamit ninyo ako kung hindi ninyo ako pinagkakatiwalaan?" Kung tatanungin mo sila tungkol sa kanilang gawain o magtatanong ka tungkol sa pag-usad nito at pagkatapos ay magtatanong tungkol sa kanilang personal na kalagayan, magiging mas dependsibo pa nga sila: "Ipinagkatiwala sa akin ang gawaing ito; nasa loob ito ng aking saklaw. Bakit kayo nakikialam sa aking gawain?" Bagaman hindi nangangahas na sabihin ito nang tahasan, magpapasaring sila, "Gaya nga ng kasabihan, 'Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo.' Bakit ka masyadong mapaghinalang tao?" Kokondenahin at babansagan ka pa nila. At paano kung hindi mo nauunawaan ang katotohanan at wala kang pagkilatis? Pagkatapos marinig ang pasaring nila, sasabihin mo, "Mapagduda ba ako? Kung gayon ay mali ako. Mapanlinlang ako! Tama ka: Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo." Hindi ba't sa gayon ay nailihis ka? Naaayon ba sa katotohanan ang kasabihang "Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo"? Hindi, kalokohan ito! Lihim na mapanira at mapanlinlang ang mga buktot na taong ito; inihaharap nila ang kasabihang ito bilang katotohanan para ilihis ang mga taong magulo ang isip. Ang isang taong magulo ang isip, kapag narinig ang kasabihang ito, ay tunay na nalilihis, at nalilito siya, iniisip na: "Tama siya, Nagawaan ko ng pagkakamali ang taong ito. Siya mismo

ang nagsabi: ‘Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo.’ Paano ko siya nagawang pagdudahan? Hindi maaaring gawin nang ganito ang gawain. Dapat kong palakasin ang loob niya nang hindi nanghihimasok sa kanyang gawain. Dahil ginagamit ko siya, kailangan kong magtiwala sa kanya at hayaan siyang magtrabaho nang malaya nang hindi siya pinipigilan. Kailangan ko siyang bigyan ng espasyo para sa kanyang paggampan. May abilidad siyang gawin ang trabaho. At kahit wala siyang abilidad, naroon pa rin ang Banal na Espiritu na gumagawa!” Anong klaseng lohika ito? Umaayon ba ang alinman dito sa katotohanan? (Hindi.) Tila tama lahat ang mga salitang ito. “Hindi natin maaaring pigilan ang iba.” “Walang magagawa ang mga tao; ginagawa ng Banal na Espiritu ang lahat. Sinisiyasat ng Banal na Espiritu ang lahat. Hindi natin kailangang magduda dahil ang Diyos ang ganap na namamahala.” Pero anong uri ng mga salita ito? Hindi ba’t ang mga nagsasalita ng mga ito ay mga taong magulo ang isip? Hindi nila makilatis kahit ito at nailihis sila ng isang pangungusap lang. Ligtas na sabihin na halos lahat ng tao ay itinuturing ang kasabihang “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo” bilang katotohanan, at nalilihis at nakatali sila rito. Nagugulo at naiimpluwensiyahan sila nito kapag pumipili o gumagamit sila ng mga tao, at hinahayaan pa nila itong diktahan ang kanilang mga kilos. Dahil dito, maraming lider at manggagawa ang palaging nahihirapan at may mga pag-aalinlangan tuwing sinusuri nila ang gawain ng iglesia at iniaangat at ginagamit ang mga tao. Sa huli, ang tanging magagawa nila ay aliwin ang sarili nila sa mga salitang “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo.” Tuwing nagsisiyasat sila o nagtatanong-tanong tungkol sa gawain, iniisip nila na, “‘Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo.’ Dapat akong magtiwala sa aking mga kapatid, tutal naman, sinisiyasat ng Banal na Espiritu ang mga tao, kaya hindi ako dapat palaging magduda at mangasiwa sa iba.” Naiimpluwensiyahan na sila ng kasabihang ito, hindi ba? Ano ang mga kahihinatnang dulot ng impluwensiya ng kasabihang ito? Una sa lahat, kung ang isang tao ay sumasang-ayon sa ideyang ito ng “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo,” sisiyasatin at papatnubayan ba niya ang gawain ng iba? Pangangasiwaan at susubaybayan ba niya ang gawain ng mga tao? Kung nagtiwala ang taong ito sa lahat ng ginagamit niya at hindi kailanman sinisiyasat o pinapatnubayan ang mga ito sa gawain nila, at hindi sila kailanman pinangangasiwaan, ginagawa ba niya nang tapat ang kanyang tungkulin? Magagawa ba niya nang mahusay ang gawain ng iglesia at makompleto ang atas ng Diyos? Nagiging tapat ba siya sa atas ng Diyos? Pangalawa, hindi lang ito kabiguang sundin ang salita ng Diyos at gawin ang iyong mga tungkulin, ito ay pagtanggap sa mga pakana at pilosopiya para sa mga makamundong pakikitungo ni Satanas na para bang ang mga ito ang katotohanan, at pagsunod at

pagsasagawa ng mga iyon. Sinusunod mo si Satanas at namumuhay ka ayon sa isang satanikong pilosopiya, hindi ba? Hindi ka isang tao na nagpapasakop sa Diyos, lalo nang hindi ka isang taong sumusunod sa mga salita ng Diyos. Ganap na tampalasan ka. Ang pagsasantabi ng mga salita ng Diyos, at sa halip ay pagsunod sa isang satanikong kasabihan at pagsasagawa nito bilang katotohanan, ay pagkakanulo sa katotohanan at sa Diyos! Gumagawa ka sa sambahayan ng Diyos, pero ang mga prinsipyo ng iyong mga pagkilos ay mga satanikong lohika at pilosopiya para sa mga makamundong pakikitungo; anong klaseng tao ka? Ito ay isang taong nagkakanulo sa Diyos at isang taong labis na sumisira sa dangal ng Diyos. Ano ang diwa ng kilos na ito? Hayagang pagkondena sa Diyos at hayagang pagtanggi sa katotohanan. Hindi ba't iyon ang diwa nito? (Iyon nga.) Dagdag pa sa hindi pagsunod sa kalooban ng Diyos, hinahayaan mong manalasa sa iglesia ang isa sa maladiyablong kasabihan ni Satanas at ang mga satanikong pilosopiya para sa mga makamundong pakikitungo. Sa paggawa nito, nagiging kasabwat ka ni Satanas at tinutulungan mo si Satanas sa pagsasagawa ng mga gawain nito sa iglesia, at ginugulo at ginagambala ang gawain ng iglesia. Napakalubha ng diwa ng problemang ito, hindi ba?

Sa panahon ngayon, karamihan sa mga lider at manggagawa ay nagkikimkim ng lason ni Satanas sa kanilang puso at namumuhay pa rin ayon sa mga satanikong pilosopiya, at kakaunti ang mga salita ng Diyos na may kapangyarihan sa kanilang puso. Problematiko ang gawain ng maraming lider at manggagawa—hindi nila kailanman sinisiyasat o pinangangasiwaan ang gawain pagkatapos gumawa ng mga pagsasaayos ng gawain, kahit na alam talaga nila sa puso nila na hindi kayang gawin ng ilang tao ang gawain at siguradong lilitaw ang mga problema. Gayumpaman, dahil hindi alam kung paano lulutasin ang problemang ito, tinatanggap lang nila ang pananaw na “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo” at iniraraos lang, nagkakaroon pa nga ng kapayapaan ng isipan. Dahil dito, ang ilang tao ay hindi makagawa ng tunay na gawain, at nagpapakaabala lang sa mga pangkalahatang usapin, wala sa loob ang ginagawa. Bilang resulta, ginugulo nila ang gawain ng iglesia, at sa ilang lugar, nananakaw maging ang mga handog sa Diyos. Ang hinirang na mga tao ng Diyos, dahil hindi na nila matiis pa ang kanilang nakikita, ay nag-ulat ng usaping ito sa ang Itaas. Ang huwad na lider, nang malaman ito, ay natigilan sa gulat at nakaramdam na parang paparating na ang sakuna. Pagkatapos ay kinuwestiyon siya ng ang Itaas: “Bakit hindi mo siniyasat ang gawain? Bakit maling tao ang ginamit mo?” Kung saan sumagot ang huwad na lider: “Wala akong pang-unawa sa diwa ng isang tao, kaya sinusunod ko lang ang prinsipyo ng ‘Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo.’ Hindi ko inasahang magamit ang maling tao at magdulot ng gayong sakuna.” Naniniwala ba kayo na tama ang pananaw na “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo”? Katotohanan ba ang kasabihang ito?

Bakit gagamitin niya ang kasabihang ito sa gawain ng sambahayan ng Diyos at sa paggawa ng kanyang tungkulin? Ano ang problema rito? “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo” ay malinaw na mga salita ng mga walang pananampalataya, mga salitang nagmumula kay Satanas—kaya bakit niya itinuturing na katotohanan ang mga iyon? Bakit hindi niya masabi kung tama o mali ang mga salitang iyon? Malinaw na mga salita ito ng tao, mga salita ng tiwaling sangkatauhan, talagang hindi katotohanan ang mga ito, lubos na salungat ang mga ito sa mga salita ng Diyos, at hindi dapat magsilbing pamantayan sa mga kilos, pag-asal, at pagsamba sa Diyos ng mga tao. Kaya paano nararapat harapin ang kasabihang ito? Kung talagang may kakayahan ka sa pagkilatis, anong klaseng katotohanang prinsipyo ang dapat mong gamitin bilang kapalit nito para magsilbing prinsipyo mo sa pagsasagawa? Dapat ay ang “maayos mong isagawa ang iyong tungkulin nang buong puso mo, at buong kaluluwa mo, at buong isipan mo.” Ang kumilos nang buo mong puso, at nang buo mong kaluluwa, at nang buo mong isipan ay ang hindi mapigilan ninuman; ito ay ang pagiging isang puso at isipan, at wala nang iba pa. Ito ang iyong responsabilidad at ang iyong tungkulin, at dapat mong gampanan ito nang maayos, dahil ang paggawa nito ay ganap na natural at makatwiran. Anuman ang mga problemang makakatagpo mo, dapat kang kumilos ayon sa mga prinsipyo. Pangasiwaan ang mga ito ayon sa nararapat; kung kinakailangan ang pagpupungos, gawin ito, at kung kinakailangan ang pagtatanggal, gawin din ito. Sa madaling salita, kumilos batay sa mga salita ng Diyos at sa katotohanan. Hindi ba’t ito ang prinsipyo? Hindi ba’t ito ang eksaktong kabaligtaran ng pariralang “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo”? Ano ang ibig sabihin ng huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo? Nangangahulugan ito na kung kinuha mo ang isang tao sa trabaho, hindi mo siya dapat pagdudahan, dapat mong bitawan ang mga renda, huwag siyang pangasiwaan, at hayaan siyang gawin ang gusto niya; at kung pinagdududahan mo siya, hindi mo siya dapat kuhain sa trabaho. Hindi ba’t ito ang ibig sabihin nito? Lubhang mali ito. Ang sangkatauhan ay labis na ginawang tiwali ni Satanas. Ang bawat tao ay may satanikong disposisyon, at may kakayahang ipagkanulo ang Diyos at labanan ang Diyos. Masasabi mong walang sinuman ang mapagkakatiwalaan. Kahit sumumpa pa ang isang tao hanggang sa dulo ng mundo, walang silbi ito dahil pinipigilan ang mga tao ng kanilang tiwaling disposisyon at hindi nila makontrol ang sarili nila. Dapat nilang tanggapin ang paghatol at pagkastigo ng Diyos bago nila malutas ang problema ng kanilang tiwaling disposisyon, at lubusang malutas ang problema ng kanilang paglaban at pagkakanulo sa Diyos—malutas ang ugat ng mga kasalanan ng mga tao. Ang lahat ng hindi dumaan sa paghatol at pagdadalisay ng Diyos at nagkamit ng kaligtasan ay hindi mapagkakatiwalaan. Hindi sila karapat-dapat pagkatiwalaan. Samakatwid, kapag ginamit mo ang isang tao, dapat mo siyang pangasiwaan at patnubayan. Gayundin, dapat mo siyang pungusan at dapat

madalas kang magbahagi tungkol sa katotohanan, at sa ganitong paraan mo lang makikita nang malinaw kung maaari siyang patuloy na magamit. Kung may ilang tao na kayang tumanggap ng katotohanan, tumanggap ng pagpupungos, magagawang gampanan ang kanilang tungkulin nang tapat, at may patuloy na pag-unlad sa kanilang buhay, kung gayon ang mga taong ito lang ang tunay na magagamit. Iyong mga tunay na magagamit ay may kumpirmasyon ng gawain ng Banal na Espiritu. Hindi mapagkakatiwalaan ang mga taong walang gawain ng Banal na Espiritu; sila ay mga trabahador at upahang manggagawa. Pagdating sa pagpili ng mga lider at manggagawa, ang isang medyo mataas na proporsiyon sa kanila, hindi bababa sa higit sa kalahati, ay itiniwalag, habang isang maliit na minorya lang ang itinuturing na magagamit o angkop para sa paggamit—ito ay isang katunayan. May ilang lider ng iglesia na hindi kailanman nangangasiwa o nagsusuri sa gawain ng iba, at hindi pinagtutuunan ang gawain kapag natapos na nila ang pagbabahaginan o paggawa ng mga pagsasaayos ng gawain. Sa halip, sinusunod nila ang pariralang “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdudahan mo,” sinasabi pa nga sa sarili nila, “Hayaan ang Diyos na gawin ang iba pa.” Pagkatapos ay nagsisimula silang magpakasasa sa kaginhawahan at kaalwanan, hindi nagtatanong tungkol sa usapin at binabalewala ito. Sa paggawa sa ganitong paraan, hindi ba’t nagiging pabasta-basta sila? Mayroon ba silang anumang pagpapahalaga sa responsabilidad? Hindi ba’t mga huwad na lider ang gayong mga tao? Hinihingi ng Diyos na gawin ng mga tao ang kanilang mga tungkulin nang buong puso nila, buong kaluluwa nila, buong isipan nila, at buong lakas nila. Kung ano ang hinihingi ng Diyos sa mga tao—iyon ay ang katotohanan. Kung tumatalima ang mga lider at manggagawa sa mga salita ng mga demonyo at ni Satanas kaysa sa mga salita ng Diyos kapag nagtatrabaho o gumagawa ng kanilang mga tungkulin, hindi ba’t ito ay pagpapamalas ng paglaban at pagkakanulo sa Diyos? Bakit kailangang ang sambahayan ng Diyos, kapag naghahalal ng mga lider at manggagawa, ay pumili lang ng mga taong may kakayahang tumanggap ng katotohanan, mabubuting tao na may konsensiya at katwiran, at iyong may mabuting kakayahan at may kakayahang gumawa ng gawain? Ito ay dahil labis nang naging tiwali ang sangkatauhan at halos walang sinuman ang magagamit. Maliban kung may maraming taon ng pagsasanay at paglilinang ang isang tao, ginagawa niya ang mga bagay-bagay nang labis na hindi mahusay at sobra siyang nahihirapang gawin nang maayos ang kanyang mga tungkulin, at dapat siyang hatulan, kastiguhin, at pungusan nang maraming beses bago siya maging angkop sa paggamit. Ang karamihan ng tao ay ibinubunyag at itinitiwag sa panahon ng kanilang pagsasanay, at ang mga lider at manggagawa ay itinitiwag sa napakataas na porsiyento. Bakit ganito? Ito ay dahil masyadong labis na ginawang tiwali ni Satanas ang sangkatauhan. Karamihan ng mga tao ay hindi nagmamahal sa katotohanan, ni hindi nila naaabot ang pamantayan ng konsensiya at katwiran. Kaya karamihan sa kanila ay hindi magagamit. Dapat silang manampalataya sa Diyos sa loob ng ilang taon at maunawaan ang kaunting katotohanan

para magawa ang ilang tungkulin. Ito ang realidad ng tiwaling sangkatauhan. Kaya, batay rito, mahihinuha natin na ang pariralang “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo” ay ganap na mali at talagang walang praktikal na halaga. Masasabi natin nang may katiyakan na ang “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo” ay isang erehiya at baluktot na pangangatuwiran; isa itong maladiyablong kasabihan, isang satanikong pilosopiya, at ang gayong paglalarawan ay ganap na angkop. Hindi kailanman sinabi ng Diyos ang anumang bagay sa kahulugan ng, “Mapagkakatiwalaan ang tiwaling sangkatauhan.” Palagi Niyang hinihingi na maging matapat ang mga tao, pinatutunayang sobrang kakaunti ang mga matapat na tao sa buong sangkatauhan, na ang lahat ay may kakayahang magsinungaling at mandaya, at na ang lahat ay may mapanlinlang na disposisyon. Bukod dito, sinabi ng Diyos na ang posibilidad na ipagkakanulo ng tiwaling sangkatauhan ang Diyos ay isandaang porsiyento. Kahit na gumagamit ang Diyos ng isang tao, ang taong iyon ay dapat dumaan sa maraming taon ng pagpupungos, at kahit na habang ginagamit, dapat niyang maranasan ang maraming taon ng paghatol at pagkastigo para maging dalisay. Ngayon, sabihin ninyo sa Akin, mayroon ba talagang sinuman na maaasahan? Walang nangangahas na sabihin iyon. At ano ang pinatutunayan ng walang nangangahas? Pinatutunayan nito na ang lahat ng tao ay hindi maaasahan. Kaya, balikan natin ang pariralang “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo.” Sa anong paraan ito mali? Ano ang katawa-tawa rito? Hindi ba’t hindi na ito kailangang ipaliwanag? Kung may sinumang naniniwala pa rin na ang kasabihang ito ay tama o naaangkop sa anumang paraan, tiyak na siya ay isang taong kulang sa katotohanan at tiyak na isang kakatwang tao. Ngayon, napapansin ninyo ang problema sa pariralang ito at natutukoy na ito ay isang baluktot na pangangatuwiran, at ito ay ganap na dahil naranasan ninyo na ang gawain ng Diyos at ngayon ay nakikita ninyo nang mas malinaw at nagkakamit kayo ng mas malinaw na pang-unawa sa diwa ng tiwaling sangkatauhan. Dahil lang dito kaya ganap na nagagawa ninyong itakwil ang maladiyablong pariralang ito, ang erehiya at baluktot na pangangatuwirang ito. Kung hindi dahil sa gawain ng pagliligtas ng Diyos, maililihis din kayo ng maladiyablong kasabihang ito ni Satanas at gagamitin pa nga ninyo ito na para bang ito ay isang karaniwang kasabihan o moto. Sobrang kaawa-awa iyon—hindi talaga kayo magkakaroon ng katotohanang realidad.

Ang pariralang “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo” ay isa sa mga dati nang narinig ng karamihan ng tao. Naniniwala ba kayo na tama ang pariralang ito o mali? (Mali.) Dahil naniniwala kayong mali ito, bakit nagagawa pa rin nitong impluwensiyahan kayo sa totoong buhay? Kapag nangyayari sa inyo ang ganitong mga bagay, lalabas ang pananaw na ito. Bahagya kayong magugulo nito, at kapag nagugulo kayo nito, makokompromiso ang inyong gawain. Kaya, kung naniniwala kang mali ito at

natukoy na mali ito, bakit naiimpluwensiyahan ka pa rin nito at bakit ginagamit mo pa rin ito para aliwin ang iyong sarili? (Dahil hindi nauunawaan ng mga tao ang katotohanan, hindi nila naaabot ang pagsasagawa ayon sa mga salita ng Diyos, kaya't gagamitin nila ang pilosopiya ni Satanas para sa mga makamundong pakikitungo bilang kanilang prinsipyo o pamantayan sa pagsasagawa.) Isa ito sa mga dahilan. May iba pa ba? (Dahil ang pariralang ito ay medyo naaayon sa mga makalamang interes ng mga tao, natural na kikilos sila ayon sa pariralang ito kapag hindi nila nauunawaan ang katotohanan.) Hindi lang ganito ang mga tao kapag hindi nila nauunawaan ang katotohanan; kahit na kapag nauunawaan nila ang katotohanan, maaaring hindi sila makapagsagawa ayon sa katotohanan. Tama na ang pariralang ito ay “medyo naaayon sa mga makalamang interes ng mga tao.” Mas gugustuhin ng mga tao na sundin ang isang tusong panlilinlang o isang satanikong pilosopiya para sa mga makamundong pakikitungo para protektahan ang kanilang mga sariling makalamang interes kaysa isagawa ang katotohanan. Bukod pa rito, may batayan sila sa paggawa nito. Ano ang batayang ito? Ito ay na ang pariralang ito ay malawak na tinatanggap ng masa bilang tama. Kapag ginagawa nila ang mga bagay-bagay alinsunod sa pariralang ito, ang kanilang mga pagkilos ay maaaring maging wasto sa harap ng lahat ng iba pa at maaaring maging malaya sila sa pagpuna. Kung titingnan man mula sa moral o legal na perspektiba, o mula sa perspektiba ng mga tradisyonal na kuru-kuro, makatwiran ang pananaw at pagsasagawang ito. Kaya, kapag ayaw mong isagawa ang katotohanan o kapag hindi mo ito nauunawaan, mas gugustuhin mong salungatin ang Diyos, labagin ang katotohanan, at umatras sa lugar na hindi lumalagpas sa isang moral na hangganan. At ano ang lugar na ito? Ito ang hangganan na “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo.” Ang pag-atras sa lugar na ito at pagkilos alinsunod sa pariralang ito ay magbibigay sa iyo ng kapayapaan ng isipan. Bakit ka binibigyan nito ng kapayapaan ng isipan? Ito ay dahil ganito rin nag-iisip ang lahat ng iba pa. Higit pa rito, nagkikimkim din ang iyong puso ng kuru-kuro na ang batas ay hindi maipatutupad kapag lahat ay lumalabag, at iniisip mo, “Ganito mag-isip ang lahat. Kung magsasagawa ako ayon sa pariralang ito, hindi mahalaga kung kokondenahin ako ng Diyos, dahil hindi ko naman nakikita ang Diyos o nahahawakan ang Banal na Espiritu. Kahit papaano sa mata ng iba, makikita ako bilang isang taong may mga katangian ng tao, isang tao na may kaunting konsensiya.” Pinili mong ipagkanulo ang katotohanan alang-alang sa “mga katangian ng tao” na ito, para sa kapakanan ng pagtingin sa iyo ng mga tao nang walang pagkamapanlaban sa kanilang mga mata. Pagkatapos ay mabuti ang iisipin sa iyo ng lahat, hindi ka pupunahin, at makakapamuhay ka ng komportableng buhay at magkakaroon ng kapayapaan ng isipan—ang hinahanap mo ay kapayapaan ng isipan. Ang kapayapaan ba ng isipan na ito ay isang pagpapamalas ng pagmamahal ng isang tao sa katotohanan? (Hindi, hindi ganoon.) Kaya, anong uri ito ng disposisyon? Nagkikimkim ba ito ng panlilinlang? Oo, may panlilinlang dito. Napag-isipan mo rin naman ito, at alam mong ang pariralang “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha

mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo,” ay hindi tama, na hindi ito ang katotohanan. Bakit, kung gayon, kapag narating mo ang isang sitwasyong walang malabasan, hindi mo pa rin pinipili ang katotohanan, at sa halip ay sumusunod sa isang pilosopikal na parirala na nagmula sa tradisyonal na kultura, isang parirala na pinakakatanggap-tanggap sa mga tao? Bakit pinipili mo ito? May kaugnayan ito sa mga komplikadong kaisipan ng mga tao, at kapag may mga komplikadong kaisipan, anong uri ng disposisyon ang nasasangkot? (Kabuktutan.) Maliban sa kabuktutan, may isa pang aspektong umiiral dito. Hindi mo lubos na kinikilalang tama ang parirala, pero nagagawa mo pa ring sumunod dito at hinahayaan mo itong diktahan at kontrolin ka. May isang bagay na tiyak dito: Tutol ka sa katotohanan, at hindi ka isang taong nagmamahal sa katotohanan. Hindi ba’t ito ang disposisyon? (Oo, ito nga.) Tiyak ito. Naiimpluwensiyahan ang mga tao ng maraming pananaw kapag gumagawa sila ng mga bagay-bagay, at habang ikaw, sa katunayan, ay hindi talaga naniniwala sa iyong puso na tama ang gayong mga pananaw, gayumpaman ay nagagawa mo pa ring sumunod at patuloy na panghawakan ang mga ito, na inuudyukan ng isang partikular na disposisyon. Kahit na naniniwala kang mali ang mga pananaw na ito, maaari ka pa ring maimpluwensiyahan, madiktahan, at manipula ng mga ito. Isa itong buktot na disposisyon. Halimbawa, gumagamit ng droga o nagsusugal ang ilang tao habang sinasabi rin na ang paggamit ng droga at pagsusugal ay masama at pinapayuhan pa nga nila ang iba na huwag gawin ang gayong mga bagay, kung hindi ay baka mawala sa kanila ang lahat. Naniniwala silang mali ang gayong mga bagay, na mga negatibong bagay ang mga ito, pero kaya ba nilang isuko at itigil ang mga ito? (Hindi.) Hindi nila kailanman mapipigilan ang sarili nila, at hayagan pa nga nilang sinasabi, “Ang pagsusugal ay isang paraan din para kumita ng pera, kaya maaari itong maging isang propesyon.” Hindi ba’t pinagaganda lang nila ito? Sa realidad, iniisip nila sa sarili nila, “Anong uri ng propesyon ito? Isinanla ko na ang lahat ng pagmamay-ari ko na may halaga at natalo na ang lahat ng perang kinita ko mula rito. Sa huli, walang kahit isang sugarol ang maaaring mamuhay nang normal.” Kaya bakit pinagaganda pa rin nila ito nang ganoon? Dahil hindi nila kayang tumigil. At bakit hindi nila magawang tumigil? Dahil nasa kalikasan nila ito; nag-ugat na ito roon. Kailangan nila ang bagay na ito at hindi nila kayang maghimagsik laban dito—kalikasan nila ito. Halos sapat na nating napagbahaginan ang tungkol sa pariralang “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo.” Naiimpluwensiyahan ba ang isang tao ng pariralang ito dahil mayroon siyang pansamantalang udyok na tanggapin ang gayong pananaw, o dahil ba ito kay Satanas, na sinasamantala ang isang sandali ng kawalang-ingat, para magtanim ng gayong pananaw sa taong ito, inaakay siyang kumilos nang gayon? (Hindi.) May kinalaman dito ang tiwaling kalikasan ng tao; pinipili niya ang gayong landas dahil ang bagay na ito ay nasa kanyang kalikasan. Sa paghimay sa pariralang “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong

pinagdududahan mo” sa ganitong paraan, nauunawaan na ninyo ito ngayon sa pangkalahatan. Ang pariralang ito ay inilalarawan bilang pilosopiya ni Satanas para sa mga makamundong pakikitungo—hinding-hindi ito ang katotohanan. May koneksiyon ba ito sa katotohanan? (Wala.) Ganap na wala itong koneksiyon sa katotohanan, at kinokondena ito ng Diyos. Hindi ito ang katotohanan; galing ito kay Satanas, hindi sa Diyos. Masasabi nang may katiyakan na ang pariralang ito ay wala talagang kinalaman sa katotohanan o sa pamantayan kung paano dapat kumilos, umasal, at sumamba sa Diyos ang mga mananampalataya ng Diyos. Ang pariralang ito ay ganap na kinondena. Ang mga mapanlinlang na katangian ng pariralang ito ay sadyang malinaw kung ikukumpara, ginagawang madali para sa inyong makilatis kung tama ba ito o hindi.

II. Isang Paghihimay sa Ideya ng “Ang Pagtulog sa mga Sanga at Pagdila sa Apdo”

Pag-usapan natin ang isa pang kasabihan, “pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo.” Sino ang makapagpapaliwanag kung ano ang ibig sabihin nito? (Sa kasabihang “pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo,” ang mga sanga ay tumutukoy sa panggatong, at ang apdo ay tumutukoy sa gallbladder. Tungkol ito sa kung paanong natulog si Goujian, hari ng Kaharian ng Yue, sa isang tumpok ng panggatong at dinilaan ang isang gallbladder araw-araw, at kung paano niya ginustong maghiganti, bumangon mula sa mga abo ng kanyang pagkagapi, at panumbalikin ang kanyang kaharian.) Naipaliwanag mo na ang pinagmulan ng kasabihang ito, kung saang kuwento nagmula ang kasabihang ito. Kadalasan kapag nagpapaliwanag ng isang kasabihan, bukod sa pagpapaliwanag ng pinagmulan, kailangan mong ipaliwanag ang pinalawak na kahulugan ng kasabihan—kung para saang metapora ito kapag ginagamit ito ng mga tao sa modernong panahon. Ipaliwanag mo ito ulit. (Isa itong metapora para sa isang taong ibinubuhos ang kanyang lakas sa gawain, at nakikipaglaban at nagsusumikap para maisakatuparan ang kanyang mga layon at naisin.) Kung gayon, paano dapat ipaliwanag ang “mga sanga” at “gallbladder” sa kontekstong ito? Hindi mo ipinaliwanag ang dalawang aspektong ito ng kahulugan. Sa pagtingin sa mga salita, ang “mga sanga” ay tumutukoy sa isang uri ng panggatong na may mga tinik; humiga siya sa panggatong na may mga tinik para matulog, pagkatapos ay madalas na ipinaaalala sa sarili niya ang kanyang mga sitwasyon at kahihiyan, at madalas na ipinaaalala sa kanyang sarili ang misyon na kanyang pinasan. Bukod dito, isinabit niya ang isang gallbladder sa kisame at dinilaan ito araw-araw. Ano ang nalalasan ng mga tao kapag dinidilaan nila ang gallbladder? (Pait.) Napakapait nito! Ginamit niya ang pakiramdam na ito para paalalahanan ang kanyang sarili na huwag kalimutan ang kanyang pagkamuhi, na huwag kalimutan ang kanyang misyon, at na huwag kalimutan ang kanyang naisin. Ano ang naisin niya? Ang dakilang gawain ng pagpapanumbalik ng kanyang kaharian. Para saang metapora karaniwan ang pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo? Karaniwang metapora ito para sa isang tao na nasa mga kapus-palad na sitwasyon, pero hindi

nakakalimot sa kanyang misyon at mga naisin, at na may kakayahang magbayad ng halaga para sa kanyang mga naisin, adhikain, at misyon. Kahit papaano ito ang ibig sabihin nito. Sa mata ng mga sekular na tao, positibo o negatibo ba ang kasabihang “natutulog sa mga sanga at dumidila sa apdo”? (Positibo ito.) Bakit nakikita ito bilang isang positibong kasabihan? Maaari nitong hikayatin ang mga tao sa gitna ng paghihirap na huwag kalimutan ang kanilang pagkamuhi, na huwag kalimutan ang kanilang kahihiyan, at udyukan silang magtrabaho nang husto at magsikap na maging mas malakas. Medyo nakakapagbigay-inspirasyon ang kasabihang ito. Sa mata ng mga sekular na tao, walang duda na ito ay isang positibong kasabihan. Kung kumikilos ang mga tao nang naaayon sa kasabihang ito, walang duda na ang ginagawa nila, ang motibasyon nila sa paggawa ng mga bagay-bagay, ang paraan nila ng paggawa ng mga bagay-bagay, at ang mga prinsipyong sinusunod nila ay tama at positibo. Sa pagsasabi nito, walang pundamental na mali sa kasabihang ito, kaya ano ang gusto nating himayin sa pagbanggit sa kasabihang ito? Ano ang gusto nating sabihin? (Gusto nating himayin ang mga paraan kung saan tumataliwas ang kasabihang ito sa katotohanan.) Tama iyon, gusto nating makilatis kung katotohanan ba ito o hindi. Dahil ang kasabihang ito ay sobrang “tama,” may saysay para sa atin na himayin at kumpirmahin kung sa aling mga eksaktong paraan ito “tama.” Pagkatapos, magkakaroon tayo ng tamang depinisyon nito, at matitingnan natin kung ito ba talaga ang katotohanan o hindi. Ito ang panghuling resulta na gusto nating makamit. Ang kasabihang “pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo” ay isang batas ng pananatiling buhay na kinakapitan ng mga tao na may mga espesyal na sitwasyon. Tiyak muna natin—katotohanan ba ang kasabihang ito? (Hindi.) Huwag tayong magsimula sa pagsasabi kung katotohanan ba ito o hindi. Mula sa literal na kahulugan nito na nakikita ng mga tao, walang negatibong kahulugan ang kasabihang ito. Kaya, anong positibong kahulugan ang mayroon ito? Maaari nitong hikayatin ang mga tao, bigyan sila ng determinasyon, himukin silang patuloy na lumaban, huwag umatras, huwag panghinaan ng loob, at huwag maging mga duwag. May isang aspekto kung saan may positibo itong gamit. Gayumpaman, sa anong mga sitwasyon kinakailangan ng mga tao na itaguyod ang mga prinsipyo ng sariling asal at pagkilos na nakapaloob sa kasabihang ito? May koneksiyon ba sa pagitan ng mga prinsipyong itinataguyod sa kasabihang ito at ng pananampalataya sa Diyos? May koneksiyon ba sa pagsasagawa ng katotohanan? May koneksiyon ba sa paggawa ng tungkulin ng isang tao? May koneksiyon ba sa pagsunod sa daan ng Diyos? (Wala.) Napakabilis ninyong nakagawa ng kongklusyon? Paano ninyo nalalaman na walang koneksiyon? (Hindi iyon sinasabi ng mga salita ng Diyos.) Masyadong simplistiko at iresponsableng bagay ito na sabihin. Kapag hindi mo nauunawaan at sinasabi mo, “Basta, wala ito sa mga salita ng Diyos at hindi ko alam kung ano ang ibig sabihin ng kasabihang ito, kaya hindi ko ito pakikilingan. Maaari nitong sabihin anuman ang gustuhin nito, pero hindi ko ito paniniwalaan,” iresponsableng bagay ito na sabihin. Dapat harapin mo ito nang seryoso. Sa sandaling hinarap mo ito nang seryoso, lubusang inunawa ito at nagkaroon ng tunay na pagkilatis

dito, hindi mo kailanman ituturing na katotohanan ang kasabihang ito. Sa ngayon, hindi Ko ipinatatangi sa iyo ang kawastuhan ng kasabihang ito; sa halip, ipinaunawa Ko sa iyo na hindi katotohanan ang kasabihang ito, at ipinakikita sa iyo kung anong mga katotohanan ang dapat mong maunawaan at kung paano mo dapat itaguyod ang katotohanan sa mga parehong sitwasyon. Nauunawaan mo ba? Kaya, sabihin ninyo sa Akin kung ano ang inyong pang-unawa. (Ang pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo ay tungkol sa kung paano dapat magsagawa ang mga tao sa mga oras ng kasawian, pero hindi umiiral sa sambahayan ng Diyos ang katagang “kasawian.” Kapag inilalantad ng Diyos ang mga tao o isinasailalim sila sa mga pagsubok, bahagi ang lahat ng ito ng proseso ng Diyos sa pagpeperpekto sa kanila—hindi ito kasawian. Sinasabi ng kasabihang ito sa mga tao na dapat nilang alalahanin ang paghihirap na dinanas nila sa panahong ito, at muling bumawi sa hinaharap. Walang bisa ang pagpapahayag na ito sa sambahayan ng Diyos. Magbibigay ako ng halimbawa na medyo hindi angkop. Matapos matanggal, ginamit ng ilang lider ang pariralang “pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo” para udyukan ang sarili nila, sinasabing, “Matututo ako kay Goujian, hari ng Kaharian ng Yue, at matutulog sa mga sanga at didila sa apdo. Darating ang panahon na maipagpapatuloy ko ang aking dating posisyon at muling magiging lider. Makikita ninyo! Ngayon ay pinupuna ninyo ako, sinasabing hindi ako mahusay sa bagay na ito at hindi mahusay sa bagay na iyon. Isang araw babawiin ko kung ano ang nawala sa akin at ipakikita ko sa inyo kung sino talaga ako. Tiyak na darating ang isang araw na mabubura ang kahihiyang dinanas ko ngayon!”) Napakagandang halimbawa nito. Naliwanagan ba kayo nito? Kailanman ba ay nagkaroon kayo ng mga panahong gusto ninyong matulog sa mga sanga at dumila sa apdo? Kailanman ba ay naiisip ninyong makabawi? (Oo. May mga ganito akong kaisipan kapag sinasalungat ng mga tao ang aking mga pananaw. Halimbawa, kapag tinatalakay ko ang ilang bagay sa mga kapatid at kinukuwestiyon nila ang mga pananaw na inilatag ko, sa puso ko ay nakakaramdam ako ng panlalaban, at iniisip ko, “Isang araw, kailangan kong gumawa ng mahusay na trabaho at ipakita sa inyo.” Pagkatapos, humahayo ako at nagsisikap na matutunan ang larangang iyon ng gawain, pero maling mentalidad ito.) Hindi ito isang saloobin ng pagtanggap sa katotohanan, paghahanap sa katotohanan, o pagsasagawa ng katotohanan, kundi ng pagmamatigas at ng kagustuhang patunayan ang isang bagay sa iba—isa itong saloobin ng hindi pagtanggap sa pagkatalo. Ang ganitong uri ng saloobin ay itinuturing na positibo sa sangkatauhan. Ang hindi kailanman pagtanggap sa pagkatalo ay isang uri ng magandang pag-uugali, at nangangahulugan ito na may pagkamasigasig ang isang tao, kaya bakit sinasabing hindi ito pagsasagawa ng katotohanan? Ito ay dahil ang kanyang saloobin kapag gumagawa ng mga bagay-bagay, at ang mga prinsipyo at motibasyon sa likod ng kanyang ginagawa, ay hindi batay sa katotohanan; sa halip, batay ang mga ito sa kasabihan sa tradisyonal na kultura na, “pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo.” Bagaman masasabi ng isang tao na ang taong ito ay may malakas na presensiya, at ang pag-iisip at saloobin nito sa pagnanais

na manalo at hindi pagtanggap sa pagkatalo ay umaani ng paggalang sa mga tao sa sekular na mundo, sa harap ng katotohanan ano ang ganitong pag-iisip at pag-uugali? Sobrang liit at lubhang kakila-kilabot ang mga ito; kinasusuklamang ng Diyos ang mga ito. Sino pa ang may ibabahagi? (Kapag gumagawa ako ng isang tungkulin, dahil hindi ako pamilyar sa larangan ng gawaing iyon, sa palagay ko ay hindi ako sineseryoso ng mga tao. Kaya, sa puso ko ay palihim kong pinasisigla ang aking sarili, “Kailangan kong pag-aralan nang mabuti ang larangang ito ng gawain at ipakita sa inyo na talagang may kakayahan ako.” Minsan, kapag tinutukoy ng mga tao ang mga pagkukulang sa aking tungkulin, nagsisikap akong magbago; tinitii ko ang paghihirap at nagbabayad ako ng halaga para matutunan ang gawain, at gaano man kalaki ang paghihirap na aking dinaranas, tinitii ko ito, pero hindi ko hinahangad kung paano gawin nang maayos ang aking tungkulin; sa halip, gusto kong magkaroon ng isang araw kung kailan magagawa kong tingalain ako ng iba at makakamit ko ang paggalang ng iba. Mayroon din akong isang uri ng kalagayan ng pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo.) Mula sa ibinahagi ninyong lahat, may napansin Akong problema. Nanampalataya na kayo sa Diyos sa loob ng hindi kakaunting bilang ng mga taon, tinalikuran ang inyong mga pamilya at mga propesyon, at nagdusa ng hindi kakaunting paghihirap, pero napakakaunti lang ng inyong napala. May kakayahan din kayong tiisin ang paghihirap at gugulin ang inyong sarili sa inyong mga tungkulin, at may kakayahang magbayad ng halaga, pero bakit hindi kayo kailanman umuusad sa katotohanan? Paanong napakakaunti at napakababaw ng mga katotohanang inyong nauunawaan? Ang dahilan ay na hindi ninyo binibigyang-diin ang katotohanan. Gusto ninyo palaging matulog sa mga sanga at dilaan ang apdo, at punong-puno ang inyong puso ng pagnanasang patunayan ang inyong sarili. Ang pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo ay isang “malaking pigsa”—sa tingin mo ba ay magandang bagay ito? Ano ang panghuling resulta ng pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo? Kapag gustong patunayan ng isang tao na may kakayahan at may kahusayan siya, na hindi siya mababa sa iba, at na hindi siya matatalo ninuman, matutulog siya sa mga sanga at didilaan ang apdo. Sa madaling salita, “titiisin niya ang pinakamatinding hira para maging pinakadakila sa mga tao.” Kaya sa anong mga paraan naipamamalas ang pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo? Ang unang paraan na naipamamalas ito ay sa hindi pagtanggap sa pagkatalo. Ang pangalawa ay sa pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin. Maaaring hindi ka gumamit ng anumang salita para makipagdebate sa iba, salungatin sila, o ipagtanggol ang iyong sarili, pero lihim kang nagsusumikap. Anong klaseng pagsusumikap? Maaaring ito ay ang halagang binabayad ninyo: pagpupuyat, paggising nang maaga kinabukasan, o pagbabasa ng mga salita ng Diyos at pag-aaral tungkol sa larangan mo ng gawain habang nagsasaya ang iba, higit pang nagsisikap. Pagdurusa ba ang paghihirap na ito? Tinatawag itong pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo. Ano ang pangatlong paraan ng pagpapamalas nito? Naipamamalas ito sa mga tao na may isang uri ng dakilang ambisyon sa kalooban nila, at hindi nagrereklamo tungkol sa kanilang mga problema dahil sa dakilang ambisyong

ito. Gusto nilang itaguyod ang mga layon na kanilang itinakda at gustong makamit, at gusto nilang mapanatili ang kaloobang ito na lumaban. Ano ang kaloobang ito na lumaban? Halimbawa, kung gusto mong maging isang lider o maisakatuparan ang ilang gawain, dapat palagi mong panatilihin ang ganitong kalagayan ng isipan sa iyong kalooban; hindi mo dapat kailanman kalimutan ang iyong determinasyon, ang iyong misyon, ang iyong mga ambisyon at adhikain. Paano mo ito ilalarawan sa isang pangungusap? (Huwag kalimutan ang iyong orihinal na motibasyon para sa paggawa ng isang bagay.) Ang hindi pagkalimot sa iyong orihinal na motibasyon para sa paggawa ng isang bagay ay tama, pero hindi sapat na malakas. (Panghawakan ang isang dakilang ambisyon sa iyong puso.) Mas mabuti iyon. May kaunting pakiramdam na iyon dito. Paano mo masasabi ang mga salitang ito sa mas tama at maigsing paraan? (Ang kaloobang lumaban at mga ambisyon.) Paano mo ito sasabihin nang buo? Maraming labanan at maraming pagkatalo, pero lalong tumatayang habang mas tumatagal kang lumalaban. Ito ay isang kaloobang “hinding-hindi susuko” sa laban. Katulad ito sa kung paano sinasabi ng ilang tao, “Nasiraan ka na ng loob pagkatapos matanggal? Maraming beses na akong natanggal pero hindi ako kailanman nasiraan ng loob. Sa tuwing nabibigo ako sa isang bagay, bumabangon ako mula sa pagkadarapa. Kailangang magkaroon tayo ng kaloobang lumaban!” Sa perspektiba nila, ang kaloobang lumaban ay isang positibong bagay. Hindi nila iniisip na masamang bagay ito kapag ang mga tao ay may mga ambisyon, adhikain, at isang kaloobang lumaban. Paano nila tinatrato ang mga pagnanais at matinding ambisyon na dulot ng tiwaling disposisyon ng pagmamataas? Tinatrato nila ito bilang isang bagay na positibo. Kaya iniisip nila na ang magawang magtiis ng paghihirap ng pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo para maisakatuparan ang layon na kanilang ipinaglalaman at ang layon na sa tingin nila ay tama ay ang tamang bagay na gawin, na mabuti ang pagtingin dito ng mga tao, at na dapat na ito ang maging katotohanan. Ito ang tatlong pagpapamalas ng pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo. Maipaliliwanag ba ng tatlong pagpapamalas na ito ang kahulugang nakapaloob sa pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo? (Oo, kaya ng mga ito.) Kung gayon ay magbabahagi Ako nang detalyado tungkol sa tatlong pagpapamalas na ito.

A. Hindi Pagtanggap sa pagkatalo

Magsimula tayo sa pag-uusap tungkol sa unang pagpapamalas ng pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo: hindi pagtanggap sa pagkatalo. Ano ang hindi pagtanggap sa pagkatalo? Anong mga pagpapamalas ang karaniwang mayroon ang mga tao na nagpapatunay na mayroon silang mentalidad ng hindi pagtanggap sa pagkatalo? Anong uri ng disposisyon ang hindi pagtanggap sa pagkatalo? (Pagmamataas at pagiging matigas ng kalooban.) Naglalaman ito ng dalawang halatang disposisyon ng pagmamataas at pagiging matigas ng kalooban. Ano pa? (Kagustuhang manalo.) Disposisyon ba ito? Pagpapamalas ito. Pinag-uusapan natin ngayon ang mga disposisyon. (Ang pagiging tutol sa katotohanan.) Ang pagiging tutol sa katotohanan ay tiyak na nangangahulugang hindi

nila tinatanggap ang katotohanan. Halimbawa, kung sinasabi ng isang lider o manggagawa na ang iyong ginagawa ay lumalabag sa mga prinsipyo at umaantala sa gawain ng sambahayan ng Diyos, at gusto nilang tanggalin ka, iniisip mo, “Hay naku! Sa tingin ko ay hindi mali ang ginagawa ko. Kung gusto mo akong tanggalin, sige. Kung hindi mo ako hahayaang gawin ito, hindi ko ito gagawin. Magpapasakop ako!” Sa pagpapasakop na ito ay may saloobin ng pagtangga na tanggapin ang pagkatalo. Isa itong disposisyon. Bukod sa pagmamataas, pagiging matigas ng kalooban, at pagiging tutol sa katotohanan, ano pa ang nilalaman ng disposisyong ito? Mayroon bang disposisyon ng kagustuhang kalabanin ang Diyos? (Oo.) Kung gayon, anong disposisyon ito? Pagiging malupit ito. Ni hindi ninyo man lang nakikilala ang isang disposisyong ganito kalupit. Bakit sinasabi Kong malupit ito? (Dahil gusto nilang kalabanin ang Diyos.) Ang pagtatangkang kalabanin ang katotohanan ay tinatawag na malupit—napakalupit nito! Kung hindi sila malupit, hindi nila susubukang kalabanin ang katotohanan, at hindi susubukang kalabanin ang Diyos o makipagkompetensiya sa Kanya. Isa itong malupit na disposisyon. Sa loob ng hindi pagtanggap sa pagkatalo ay may pagmamataas, pagiging matigas ng kalooban, pagiging tutol sa katotohanan, at pagiging malupit. Ang mga ito ang mga halatang disposisyon na konektado rito. Paano naipamamalas ang hindi pagtanggap sa pagkatalo? Anong mga mentalidad ang nasasaklaw nito? Paano mag-isip ang mga taong hindi tumatanggap sa pagkatalo? Ano ang saloobin nila? Ano ang sinasabi nila, ano ang iniisip nila, at ano ang ibinubunyag nila kapag nakakatagpo sila ng mga bagay tulad ng pagkatanggal? Ang pinakakaraniwang pagpapamalas ay kapag gumagawa sila ng isang tungkulin at nakikita ng ang Itaas na sila ay hindi angkop sa paggawa ng tungkuling ito at tinatanggal sila, iniisip nila sa kanilang puso, “Wala akong laban sa iyo. Hindi ako makikipagtalo sa iyo. May talento ako. Sa kalaunan, ang tunay na ginto ay nakatadhanang kuminang, at ako ay isang indibidwal na may talento saan man ako magpunta! Anuman ang mga pagsasaayos na ginawa ng ang Itaas para sa akin ay titiisin ko at makikinig ako sa kanila ngayon.” Lumalapit din sila sa Diyos at nananalangin, “O Diyos, hinihiling ko sa Iyo na pigilan Mo akong magreklamo. Hinihiling ko sa Iyo na kontrolin ang aking dila at huwag akong hayaang husgahan Ka o lapastanganin Ka, at gawin Mo akong kayang magpasakop.” Pero pagkatapos ay nag-iisip muli sila, “Hindi ko kayang magpasakop. Ito ang pinakamahirap na bahagi. Hindi ko kayang tanggapin ang katunayang ito. Ano ang dapat kong gawin? Ang mga ito ay pagsasaayos ng ang Itaas; wala akong magagawa. Napakatalentado ko, pero bakit hindi ko kailanman magamit ang mga talento ko sa sambahayan ng Diyos? Mukhang hindi pa sapat ang nabasa kong mga salita ng Diyos. Dapat pa akong magbasa ng mas marami pang salita ng Diyos mula ngayon!” Hindi sila nagpapatalo at hindi nila iniisip na mas mababa sila kaysa sa iba, basta lang na nanampalataya na sila sa Diyos nang mas kaunting panahon at na mapupunan nila ito. Kaya, nagsisikap sila sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos at sa pakikinig sa mga sermon. Natututo sila ng isang bagong himno at nagbabasa ng isang kabanata ng mga salita ng Diyos araw-araw, at nagsasanay sa pangangaral. Unti-unti,

nagiging mas pamilyar sila sa mga salita ng Diyos, nakakapangaral sila ng maraming espirituwal na doktrina, at nakakapagsalita para magbahagi sa mga pagtitipon. Mayroon bang anumang motibasyon dito para hindi tumanggap sa pagkatalo? (Oo.) Anong klaseng motibasyon ito? (Isang buktot na motibasyon.) Nakababahala ito! Bakit sa sandaling hinimay natin ito, inilarawan ninyo agad ito bilang isang buktot na motibasyon? Hindi ba't mabubuting bagay ang mga ito? Normal ang kanilang espirituwal na buhay; hindi sila nakikibahagi sa mga sekular na bagay; hindi sila nakikipagtsismisan; nagagawa nilang bumigkas ng maraming kabanata ng mga salita ng Diyos at umawit ng maraming himno mula sa memorya. Mga "elite" sila! Kaya bakit sinasabi ninyong buktot na motibasyon ito? (Ang layunin nila ay patunayang may kakayahan sila at hindi mababa kaysa sa iba.) Tinatawag itong hindi pagtanggap sa pagkatalo. Sa hindi pagtanggap sa pagkatalo, tunay bang nauunawaan nila ang sarili nila at kinikilala ang kanilang mga problema? (Hindi.) Kinikilala ba nila ang kanilang katiwalian at ang kanilang mapagmataas na disposisyon? (Hindi.) Kung gayon ano ang pinatutunayan nila sa hindi pagtanggap sa pagkatalo? Gusto nilang patunayan na may kakayahan sila at superyor sila; gusto nilang patunayan na mas mahusay sila kaysa sa iba, at sa huli ay patunayan na isang pagkakamali ang pagtanggap sa kanila. Nakatuon ang motibasyon nila sa direksiyong ito. Hindi ba't ito ay hindi pagtanggap sa pagkatalo? (Oo.) Ang saloobing ito ng hindi pagtanggap sa pagkatalo ang nagbunga ng mga pagkilos nila ng pagtitiis sa paghihirap, pagbabayad ng halaga, pagtitiis ng kahihiyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin. Sa panlabas, tila nagsusumikap sila, nakakapagtiis ng paghihirap at nakakapagbayad ng halaga, at sa wakas ay nakamit ang kanilang mga layon, pero bakit hindi nalulugod ang Diyos? Bakit Niya sila kinokondena? Dahil sinisiyasat ng Diyos ang kaibuturan ng puso ng mga tao at sinusuri ang bawat tao ayon sa katotohanan. Paano sinusuri ng Diyos ang pag-uugali, mga intensiyon, mga pagpapamalas, at mga disposisyon ng bawat tao? Sinusuri ang lahat ng bagay na ito ayon sa katotohanan. Kung gayon, paano sinusuri ng Diyos ang bagay na ito at binibigyang-kahulugan ito? Gaano mang paghihirap ang iyong dinanas at gaano man kalaki ang halaga na iyong binayaran, sa huli ay hindi ka nagsusumikap sa katotohanan; ang iyong intensiyon ay hindi ang magpasakop sa o tumanggap ng katotohanan; sa halip, ginagamit mo ang iyong pamamaraan ng pagtitiis ng pagdurusa at pagbabayad ng halaga para patunayang mali ang paraan ng paglalarawan at pangangasiwa sa iyo ng Diyos at ng sambahayan ng Diyos. Ano ang ipinahihiwatig nito? Gusto mong patunayan na ikaw ay isang tao na hindi kailanman nagkakamali at na walang tiwaling disposisyon. Gusto mong patunayan na ang paraan ng pangangasiwa sa iyo ng sambahayan ng Diyos ay hindi naaayon sa katotohanan, at na ang katotohanan at mga salita ng Diyos ay mali kung minsan. Halimbawa, nagkaroon ng pagkalingat at ng problema pagdating sa iyo, at ang iyong kaso ay nagpapatunay na ang mga salita ng Diyos ay hindi ang katotohanan at hindi mo kailangang magpasakop. Hindi ba't ito ang resulta? (Oo.) Sinasang-ayunan ba ng Diyos ang ganitong uri ng resulta o kinokondena ito? (Kinokondena Niya ito.) Kinokondena ito ng Diyos.

Naaayon ba sa katotohanan itong saloobin ng mga tao ng hindi pagtanggap sa pagkatalo? (Hindi.) Kung sasabihin natin na ang saloobing ito ay hindi naaayon sa katotohanan, at na milya-milya ang layo nito sa katotohanan, tama ba ang pahayag na iyon? Hindi, dahil ang saloobing iyon ay hindi talaga konektado sa katotohanan. Sa mundo at sa lahat ng sangkatauhan, pinupuri o kinokondena ba ang saloobing ito ng hindi pagtanggap sa pagkatalo? (Pinupuri ito.) Sa mga anong kapaligiran ito pinupuri? (Sa lugar ng trabaho at sa mga paaralan.) Halimbawa, kung nakakuha ang isang estudyante ng animnapung porsiyento sa isang pagsusulit, sasabihin niya, “Hindi ko tatanggapin ang pagkatalo. Sa susunod ay makakukuha ako ng siyamnapung porsiyento!” At kapag nakakuha siya ng siyamnapung porsiyento, gusto niyang makakuha ng isang daang porsiyento sa susunod. Sa kalaunan ay nakamit niya ito, at inisip ng mga magulang niya na ambisyoso at may magandang kinabukasan ang batang ito. Ang isa pang kapaligiran—at ang pinakakaraniwan—ay sa mga paligsahan. May ilang koponan na natatalo sa isang paligsahan at may marka ng kahihyan na nakapinta sa kanilang mukha, pero hindi sila tumatanggap sa pagkatalo. Dahil sa ganitong mentalidad at saloobing hindi tumatanggap sa pagkatalo, nagsisikap sila at nagsasanay nang mas mabuti, at sa sumunod na paligsahan ay tinalo nila ang kabilang koponan at pinagmukhang hindi magaling ang mga ito. Sa lipunang ito at sa sangkatauhan, ang hindi pagtanggap sa pagkatalo ay isang uri ng mentalidad. Ano ang mentalidad? (Ito ay isang paraan ng pag-iisip na sumusuporta sa mga tao sa sikolohikal na paraan.) Tama iyon. Ito ay isang puwersang motibasyonal na sumusuporta sa mga tao na palaging matapang na sumusulong, hindi nagpapatalo, hindi nasisiraan ng loob, hindi umaatras, at nakakamit ang kanilang mga adhikain at layon. Tinatawag ito na hindi pagtanggap sa pagkatalo. Ito ay isang uri ng mentalidad ng hindi pagtanggap sa pagkatalo. Iniisip ng mga tao na kung wala sila ng mentalidad na ito, ng “espíritu” na ito, walang kahulugan ang kanilang buhay. Ano itong sinasandigan nila sa buhay? Sumasandig ang buhay nila sa isang uri ng mentalidad. Saan nagmumula ang mentalidad na ito? Nagmumula ito sa mga kuru-kuro at imahinasyon ng mga tao, gayundin sa kanilang mga tiwaling disposisyon. Hindi ito praktikal, at hindi ito kayang kamtin ng mga tao. Simula nang nilikha ng Diyos ang sangkatauhan hanggang ngayon, gaano karaming taon man ang lumipas, mayroong napakaraming positibong bagay, katulad ng kaayusan na alinsunod sa kung paano nabubuhay ang mga nabubuhay na nilalang, ang kaayusan na alinsunod sa kung paano nabubuhay ang sangkatauhan, at ang kaayusan na alinsunod sa kung paano gumagana ang langit at lupa, at lahat ng bagay at ang sansinukob, at iba pa. Ayon sa kanilang mga kaisipan at antas ng edukasyon, dapat makahanap ang mga tao ng isang kaayusan para sundin sa gitna ng lahat ng ito, para sundin bilang isang prinsipyo at bilang isang puwersang motibasyonal para sa kung paano sila kumikilos at umaasal, o bilang isang pundasyon para dito. Gayumpaman, hindi ginagamit ng mga tao ang kanilang pagsisikap sa tamang direksiyon—sa anong direksiyon nila ginagamit ang kanilang lakas? Ginagamit nila ang kanilang lakas sa maling direksiyon, ibig sabihin,

nilalabag nila ang kaayusan na alinsunod sa kung paano nabubuo ang mga bagay, at nilalabag nila ang kaayusan na alinsunod sa kung paano umiikot ang lahat ng bagay—palagi nilang gustong sirain ang mga likas na kaayusan na ito na itinalaga ng Diyos, at gamitin ang mga pamamaraan at estratehiya ng tao para lumikha ng kaligayahan. Hindi nila alam kung paano nakakamit ang kaligayahan, kung anong misteryo ang nasa loob nito, o kung ano ang pinagmulan nito; hindi nila hinahanap ang pinagmulang ito. Sa halip, sinusubukan nilang gumamit ng diskarte ng tao para lumikha ng kaligayahan, at palagi ring gustong lumikha ng mga himala. Sinusubukan nilang gumamit ng diskarte ng tao para baguhin ang normal na kaayusan ng lahat ng bagay na ito, at pagkatapos ay makamit ang kaligayahan at mga layong gusto nila. Ang lahat ng ito ay abnormal. Ano ang panghuling resulta ng mga taong sumasandig sa kanilang sarili para ipaglaban ang gayong mga bagay, gaano man sila lumaban? Ang mundong ito na ibinigay ng Diyos sa sangkatauhan para pamahalaan ay nasira na ngayon. Sino ang pinakamalaking biktima, ngayong nasira na ito? (Tao.) Ang sangkatauhan ang pinakamalaking biktima. Inabuso ng mga tao ang mundo hanggang sa antas na ito, pero sinasabi pa rin nilang hinding-hindi sila susuko. Hindi ba't may mali sa pag-iisip nila? Ano ang panghuling kahihinatnan ng hinding-hindi pagsuko? Isang mapaminsalang sakuna. Hindi lang ito pagkatalo sa isa o dalawang paligsahan o pagkakaroon ng marka ng kahihiyan na nakapinta sa kanilang mukha. Sinira nila ang kanilang mga kinabukasan at pinutol ang kanilang mga ruta sa pagtakas—sinira nila ang sarili nila! Ito ang resulta ng hindi pagtanggap sa pagkatalo.

Ang hinihimay natin sa ngayon ay isang tipikal na pagpapamalas ng malupit na disposisyon at mapagmataas na disposisyon ni Satanas, na hinding-hindi susuko. Ang hinding-hindi pagsuko ay isang mentalidad. Pinupuna natin ito, inilalantad natin ito, at kinokondena natin ito, subalit kung kinokondena mo ito sa gitna ng sangkatauhan, tatanggapin ba ito ng mga tao? (Hindi.) Bakit hindi? (Dahil pinupuri ng lahat ng tao ang pariralang ito.) Itinataguyod nila ang mentalidad na ito. Kung ang isang tao ay walang katiting na mentalidad ng hindi pagtanggap sa pagkatalo at hinding-hindi pagsuko, sasabihin ng iba na mahina siya. Kung hindi natin itinataguyod ang mga bagay na ito, mahihina ba tayo? (Hindi, hindi tayo mahihina.) Sinasabi ng mga tao na, “Paanong hindi ka mahina? Hindi ka namumuhay nang may anumang katatagan ng loob. Anong silbi para sa iyo ang mabuhay?” Tunay ba ang pahayag na ito? Himayin muna natin ito: Anong uri ng saloobin ang hindi pagtanggap sa pagkatalo? Dapat bang taglayin ng mga taong may normal na katwiran ang saloobing ito? Sa katunayan, kung may normal na katwiran ang mga tao, hindi sila dapat magkaroon ng ganitong pag-iisip. Mali ang magkaroon ng ganitong pag-iisip. Dapat harapin ng isang tao ang realidad para maging isang tao na nagtataglay ng katwiran. Sa gayon, ang hindi pagtanggap sa pagkatalo ay malinaw na walang katwiran; ibig sabihin nito na may mali sa pag-iisip nila, at malinaw na mali ang saloobing ito. Para sa mga mananampalataya ng Diyos, sa wastong pagsasalita, hindi sila dapat magkaroon ng ganitong pag-iisip dahil ang mapagmataas na disposisyon ay likas sa hindi pagtanggap sa pagkatalo. Madali ba para sa mga tao

na tanggapin ang katotohanan kapag mayroon silang mapagmataas na disposisyon? (Hindi.) Isa itong problema. Kung ginagamit mo ang isang mapagmataas na disposisyon bilang pundasyon sa paghahangad ng katotohanan, ano ang hinahangad mo? Ang hinahangad mo ay tiyak na hindi ang katotohanan, dahil ang paghahangad na ito ay likas na hindi positibo, at ang makakamit mo ay tiyak na hindi ang katotohanan; tiyak na isang uri ito ng “mentalidad” na mula sa imahinasyon ng mga tao. Kung tinatrato ng mga tao ang mentalidad na tulad nito bilang katotohanan, naligaw na sila ng landas. Kaya, kung itatama natin ang pag-iisip ng hindi pagtanggap sa pagkatalo, ano ang sasabihin natin? Sasabihin natin na dapat harapin ng mga tao ang mga tunay na problema at gawin ang mga bagay nang naaayon sa mga katotohanang prinsipyo, na hindi sila dapat magkaroon ng saloobin ng hindi pagtanggap sa pagkatalo. Kung hindi sila tumatanggap sa pagkatalo, kanino sila hindi nagpapatalo? (Sa Diyos.) Hindi sila nagpapatalo sa katotohanan. Sa mas partikular, hindi sila umaamin sa mga tunay na katunayan ng usapin, hindi sila umaamin na may ginawa silang mali at na nabunyag sila, at hindi sila umaamin na mayroon silang mapagmataas na disposisyon. Totoo ang mga bagay na ito. Kaya paano mo mapasisinungalingan ang mga taong ito? Ang pinakamahusay na paraan para salungatin sila ay sa pamamagitan ng paggamit ng isang bagay na pinakakahiya-hiya para sa kanila. Anong bagay sa mundo ngayon ang pinakakahiya-hiya para sa sangkatauhan? Siyensiya. Ano ang ipinagkaloob ng siyensiya sa mga tao? (Sakuna.) Ang siyensiya, ang bagay na pinakapupuri at pinaka-ipinagmamalaki ng sangkatauhan, ay nagdala ng di-pa-kailanman-nangyayaring sakuna sa kanila. Ngayong mayroon na kayo ng pahiwatig na ito, paano ninyo dapat pasinungalingan ang mga taong ito para maipahiya ninyo sila? Ano ang masasabi ninyo, dapat bang ipahiya ang mga kauri ni Satanas? (Oo.) Kung hindi mo sila ipapahiya, palagi nilang hahamakin ang katotohanan, didiskriminahan iyong mga nananampalataya sa Diyos, at iisiping iyong mga nananampalataya sa Diyos ay nananampalataya lang dahil mahihina sila. Paano ninyo sila dapat pasinungalingan? (Sa pagsasabing: “Isa ka lang ordinaryong tao. Ano bang mayroon ka’t hindi ka tumatanggap ng pagkatalo? Ano ang dahilan kung bakit ayos lang para sa iyo na hindi magpatalo? Kahit na ang ilang tao ay mga siyentista, ano naman? Gaano man kaprogresibo ang siyentipikong teknolohiya na binuo nila, ano naman? Kaya bang lutasin ng mga siyentista ang lahat ng sakuna na idinulot ng siyensiya sa sangkatauhan ngayon?”) Ito ang tamang paraan para pasinungalingan sila. Pag-isipan ninyo ito, mabuting paraan ba ito para pasinungalingan sila? Sinasabi mo, “Nabuhay na hanggang sa kasalukuyang panahon ang sangkatauhan, subalit hindi man lang kilala ng mga tao kung sino ang mga ninuno nila, kaya’t paanong hindi sila nagpapatalo? Ni hindi mo alam kung saan ka nanggaling, kaya’t ano ang maipagyayabang mo? Ni hindi mo kinikilala ang Diyos na lumikha sa iyo, kaya’t paanong hindi ka tumatanggap sa pagkatalo? Nilikha ng Diyos ang mga tao, at isa itong napakalaking karangan, subalit hindi mo ito kinikilala o tinatanggap; sa halip, iginigiit mong paniwalaan at kilalanin na nag-ebolb ang mga tao mula sa mga hayop. Gaano ka

kahamak? Napakamakapangyarihan at napakarangal ng Diyos; sinasabi Niyang Siya ang iyong Lumikha, subalit hindi mo kinikilala na ikaw ay Kanyang nilikha. Gaano ka kababa?” Ano ang isasagot nila nang pabalang? “Nag-ebolb ang mga tao mula sa mga unggoy, subalit matataas na antas na hayop pa rin kami.” “Hindi pa rin ba kayo mga hayop at bakulaw, kung gayon? Hindi namin tinatanggap na mga hayop kami. Mga tao kami, mga tao kami na nilikha ng Diyos. Nilikha ng Diyos ang mga tao at kinikilala Niya na ikaw ay isang tao, subalit hindi mo gusto na maging isang tao. Iginigiit mong itanggi ang katunayan na nilikha ng Diyos ang mga tao. Iginigiit mo ang pagiging isang hayop. Ano ang silbi para sa iyo ng mabuhay? Karapat-dapat ka bang mabuhay?” May lakas ba sa mga salitang ito? (Oo.) Ganito natin pinasisinungalingan ang mga taong ito. Kinikilala man nila ito o hindi, o tinatanggap man nila ito o hindi, mga katunayan ang mga ito. Magsasalita Ako tungkol sa isa pang punto. Hindi kailanman tumatanggap sa pagkatalo ang mga tao, iniisip nilang napakahusay nila, na mayroon silang progresibong teknolohiya at lahat ng uri ng karunungan, subalit paano nila tinatrato ang kalikasan? Palagi silang nakikipaglaban dito at palaging gustong lupigin ito. Hindi talaga nila nauunawaan kung paano sundin ang kaayusan ng kalikasan. Ano sa huli ang ginawa ng pamamahala ng sangkatauhan sa kalikasan? Hindi ba’t pinamamahalaan ang lahat ng ito ng mga taong marurunong at nakauunawa sa siyensiya? Hindi ka ba tumatangging tumanggap sa pagkatalo? Hindi ka ba isang taong may kakayahan? Hindi ba’t wala kang pangangailangan para sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos? Libo-libong taon nang magkasamang umiiral ang sangkatauhan at kalikasan, subalit pambihirang hindi pa rin alam ng sangkatauhan kung paano pamahalaan ang kalikasan. Labis na pinaunlad, labis na kinokonsumo, at malubhang dinudumihan ng sangkatauhan ang kalikasan hanggang sa puntong ngayon ay unti-unting nagkakaroon ng di-kasapatan sa suplay ng mga likas na pinagkukunang yaman. Dagdag pa rito, ni ang tubig na iniinom ng mga tao, o ang pagkaing kinakain nila, o ang hanging nilalanghap nila ay hindi ligtas sa lason. Nang unang nilikha ng Diyos ang kalikasan, ang lahat ng bagay na nabubuhay, pagkain, hangin, at tubig ay walang lason, subalit pagkatapos Niyang ibigay ang kalikasan sa sangkatauhan para pamahalaan, ang lahat ng bagay na ito ay nalason. Ang mga tao mismo ang walang magawa kundi “magtamasa” ng mga bagay na ito. Kaya paanong hindi tumatanggap sa pagkatalo ang mga tao? Nilikha ng Diyos ang gayong kagandang mundo para sa sangkatauhan at hinayaan silang pamahalaan ito, subalit paano nila ito pinamahalaan? Alam ba nila kung paano ito pamahalaan? Inabuso ito ng sangkatauhan sa puntong ganap na itong nasira—hindi naligtas ang mga karagatan, mga kabundukan, lupa, hangin, maging ang ozone layer sa kalangitan; lahat ng ito ay nawasak. Sino sa huli ang magpapasan ng masasamang kahihinatnan ng lahat ng ito? (Mga tao.) Ito ay ang sangkatauhan mismo. Wala nang ihahangal pa ang mga tao, subalit inaakala nilang dakila sila at hindi tumatanggap sa pagkatalo! Bakit hindi sila nagpapatalo? Kung pahihintulutan ang sangkatauhan na patuloy na pamahalaan ang mga bagay-bagay sa ganitong paraan, maibabalik ba ang kalikasan sa kung paano ito

dati? Hindi ito mangyayari kailanman. Kung sasandig ang sangkatauhan sa mentalidad ng hindi pagtanggap sa pagkatalo, ang mundo at ang kalikasan ay lalong magiging masama, malala, at marumi sa ilalim ng kanilang pamamahala. Ano ang magiging panghuling kahihinatnan nito? Mamamatay ang sangkatauhan sa kapaligirang ito na sinira nila. Kung gayon, sino sa huli ang makapagbabago ng lahat ng ito? Kaya ng Diyos. Kung may kakayahan ang mga tao na gawin ito, maaaring manguna ang isa sa kanila at sumubok na baguhin ang kasalukuyang kalagayan ng mundo, subalit may sinuman bang maglalakas-loob na akuin ang responsabilidad na ito? (Wala.) Kung gayon bakit hindi tumatanggap sa pagkatalo ang mga tao? Ni hindi maprotektahan ng mga tao ang tubig na iniinom nila. Hindi sinira ng mga leon o tigre ang kalikasan, lalong hindi ng mga ibon, isda, o mga insekto; sa halip, ang mga tao mismo ang sumira at nagwasak nito. Dapat anihin ng mga tao sa huli ang kanilang itinanim. May anumang paraan ba para baguhin ang mga bagay-bagay ngayon? Hindi ito mababago. Masasabi nang may katiyakan na kung hindi pumarito ang Diyos para gawin ang mga bagay na ito, ang kapaligiran na pinamumuhayan ng mga tao ay lalala lang nang lalala, at lulubha nang lulubha; hindi ito bubuti. Ang Diyos lang ang makapagbabago ng lahat ng ito. Ayos lang ba kung hindi tumanggap sa pagkatalo ang mga tao? Kaya mo bang baguhin ang kapaligirang ito? Pinagkalooban ka ng magandang kapaligiran, subalit ang magagawa mo lang ay sirain ito; hindi mo ito pinoprotektahan. Ano ang food chain ng buong mundo? Nauunawaan ba ito ng sangkatauhan? Hindi, hindi nila nauunawaan. Halimbawa, malupit na hayop ang mga lobo. Kung papatayin ng sangkatauhan ang lahat ng lobo, iisipin nilang nalupig na nila ang kalikasan. Sa ganitong uri ng determinasyon, ganitong uri ng sigla, at ganitong mentalidad ng pagtanggap sa hamon, sinisimulan ng sangkatauhan ang malawakang pangangaso ng mga lobo. Kapag napatay na nila ang karamihan ng lobo sa isang lugar ng damuhan, inaakala ng sangkatauhan na nalupig na nila ang kalikasan at nalupig na ang espesye na mga lobo. Kasabay nito, nagsasabit sila ng balat ng lobo sa kanilang mga tahanan, nagsusuot ng mga damit na gawa sa balat ng lobo, nagsusuot ng mga sombrero na gawa sa balat ng lobo, at naglalagay ng balat ng mga batang lobo sa talim ng kanilang mga punyal. Kumukuha sila ng mga larawan at sinasabi sa buong mundo na, “Nilupig namin ang mga espesyeng ito na banta sa sangkatauhan—ang mga lobo!” Hindi ba’t medyo napaaga ang pagkasiya nila sa sarili nila? Sa mas kakaunting lobo, mula sa labas ay tila walang banta sa buhay ng mga tao at ng ilang iba pang nabubuhay na nilalang, subalit ano ang magiging kahihinatnan nito? Dapat magbayad nang mahal ang sangkatauhan para dito. Ano ang halaga na dapat nilang ibayad? Kapag napatay ang malalaking bilang ng mga lobo, kumakaunti ang bilang ng mga lobo. Agad pagkatapos nito, ang lahat ng uri ng mga kuneho, daga, at iba pang hayop sa mga damuhan na kinakain ng mga lobo ay nagsisimulang dumami nang sobra. Kapag labis-labis ang bilang ng mga hayop na ito, ano ang unang kahihinatnan? (Mawawala ang damo.) Pakaunti nang pakaunti ang damo. Kapag mas kakaunti ang damo, mas nababawasan ang mga halamang tumatakip sa lupa. Kapag labis-labis ang bilang ng mga

hayop na ito, kailangan nilang kumain ng maraming damo, at ang bilis ng pagtubo ng damo ay hindi proporsiyonal sa bilang ng mga herbiboro. Kapag hindi proporsiyonal ang mga bagay na ito, ano ang nangyayari? (Desertipikasyon.) Oo, desertipikasyon. Kapag walang mga halamang tumatakip sa lupa, nagsisimula itong maging buhangin at unti-unting nagiging mabuhanging lugar. Karamihan ng halaman ay hindi nag-uugat o nagpaparami sa buhangin, kaya mabilis na lumalawak at lumalaganap ang mabubuhanging lugar, at sa huli ay nagiging disyerto ang lahat ng damuhan. Pagkatapos nito, magsisimulang saklawin ng disyerto ang mga lugar na pinaninirahan ng mga tao, at ano ang magiging unang pakiramdam ng mga tao? Marahil kapag nakita ng mga tao na lumaki ang saklaw ng disyerto, hindi sila matatakot, subalit pagdating ng araw na humagupit ang isang sandstorm, anong pinsala ang idudulot nito sa sangkatauhan? Sa simula, liliparin paikot ang alikabok. Pagkatapos, pagdating ng mahanging panahon, ni hindi na maibubukas ng mga tao ang mga mata nila dahil sa dami ng buhangin na tinatangay ng hangin. Mababalutan ang katawan nila ng buhangin, at mapupuno ang bibig nila nito. Sa mga sukdulang kaso, maaaring lamunin ng buhangin ang mga bahay, alagang hayop, o mga tao na malapit sa disyerto. Mapipigilan ba ng mga tao ang buhangin? (Hindi.) Hindi nila ito mapipigilan, kaya dapat silang lumikas, umaatras palayo nang palayo paloob ng kalupaan. Sa huli, liliit nang liliit ang mga damuhan, at lalaki nang lalaki ang mga disyerto, at pakaunti nang pakaunti ang mga lugar kung saan makapamumuhay ang mga tao. Kaya, magiging mas mabuti o mas malala ba ang kapaligirang pinamumuhayan ng mga tao? (Mas malala.) Paano nangyari ang resultang ito na kailangan nilang pasanin? Ano ang nagbunsod nito? (Ang pagpatay sa mga lobo.) Nagsimula ito nang pinatay nila ang mga lobo. Isang maliit na di-kapansin-pansing bagay na tulad nito. Kung hindi nauunawaan ng mga tao kung paano sundin ang kaayusang ito, at hindi nauunawaan kung paano protektahan ang kaayusang ito, anong mga kahihinatnan ang magiging resulta sa huli? Malilipol ng mga buhangin ang lahat ng tao. Hindi ba't isa itong mapaminsalang sakuna? Ang pagpatay sa mga lobo ay isang uri ng pag-uugali, subalit anong disposisyon ang nasa puso nito? Ano ang diwa ng disposisyong ito? Ano ang motibasyon nila sa paggawa nito? Anong mga paraan ng pag-iisip mayroon ang mga tao na nagdudulot ng ganitong uri ng pag-uugali? (Ang kagustuhang supilin ang kalikasan.) Tama iyon, gusto nilang supilin ito. Iniisip ng mga tao na ang mga lobo ang natural na kaaway ng sangkatauhan. Ang mga lobo ay banta sa sangkatauhan at palaging kumakain ng mga tao. Hindi mabuting bagay ang mga lobo. Ganito sinisiraan ng sangkatauhan ang mga lobo, pagkatapos ay sinusubukang supilin ang mga ito at lipulin ang mga ito para wala nang ni isa ang matira sa mga ito. Pagkatapos, makapamumuhay ang mga tao nang komportable at maalwan at hindi na talagang malalagay sa panganib. Ito ay batay sa motibasyong ito na nagsisimulang pumatay ng mga lobo ang mga tao. Ano ang nagdidikta rito? Dinidiktahan ito ng isang mentalidad ng hindi pagtanggap sa pagkatalo. Hindi alam ng sangkatauhan kung paano wastong pamahalaan o gawing pamantayan ang mga lobo, at sa halip ay gusto nilang palaging patayin ang mga ito at

lipulin ang mga ito. Gusto nilang baligtarin ang kaayusang ito at palitan ito ng bago. Ano ang resulta? Nilalamon ng buhangin ang mga tao. Hindi ba't ito ang nagiging resulta? (Oo.) Ito ang nagiging resulta. Mula sa buong sangkatauhan at sa buong mundo na nilikha ng Diyos, sa isang maliit na sulok ng planeta—na sa mga mata ng Diyos marahil ay hindi mas malaki kaysa sa isang mani—nangyari ang maliit na insidenteng ito, subalit hindi man lang ito makita nang malinaw ng mga tao. Nakikipagkompetensiya pa rin sila sa kalikasan, nakikipagkompetensiya sa Diyos, at hindi tumatanggap sa pagkatalo! Ano ang kahihinatnang idinudulot ng hindi pagtanggap sa pagkatalo? (Pagkawasak.) Idinudulot nila ang sarili nilang pagkawasak! Naroroon na mismo ngayon ang katunayang ito. Pagkatapos mangyari ang kahihinatnang ito, paano ito dapat ayusin ng sangkatauhan? (Hindi nila ito kaya.) Hindi nila ito kayang ayusin. May ilang panlipunang organisasyon at mga tao na may mabubuting puso ang nagsasagawa ng mga gawain para sa pampublikong interes at nananawagan sa mga tao na magpanatili ng isang balanseng ekosistema. Ang motibasyon at katwiran nila sa paggawa nito ay tama, at ang pinananawagan nila ay tama rin. May sinuman bang tumutugon? (Wala.) Hindi rin kumikilos ang pamahalaan—walang pumapansin sa isyung ito. Alam ng mga tao ang ugat ng isyu, subalit pagkatapos nilang tingnan ito nang bahagya bilang mga manonood, iyon na iyon. Pumapatay pa rin sila ng mga lobo tulad ng dati. Sinasabi ng isang tao, “Kung patuloy mo silang papatayin nang ganito, isang araw ay malilibing ka sa buhangin,” subalit sumasagot sila, “Eh ‘di malilibing ako. Hindi naman sa ako lang ang malilibing. Ano ang dapat kong katakutan?” Anong disposisyon ito? Isa nang pagiging manhid at kawalan ng pag-iisip; wala silang pagkatao. Sino ang hindi takot mamatay? Kaya paano nila nasabi ang gayong pabalang na bagay? Hindi sila naniniwalang mangyayari ang ganitong bagay. Iniisip nilang, “Malaki ang daigdig. Maliban sa mga disyerto may mga kabundukan at kagubatan. Mabilis bang masisira ang lahat ng ito? Napakarami pang oras! Pumatay lang kami ng kaunting lobo at naging disyerto ang ilang lugar, at ganito ka na katakot? Kung dapat patayin ang mga ito, dapat naming patayin ang mga ito.” Hindi ba't kahangalan ito? Pumatay sila ng ilang lobo, at pagkatapos lang ng dalawampu o tatlung taong panahon, ang isang kahabaan ng luntiang damuhan ay ganap na nabago. Kung ang mga tao ay magsasaboy ng kaunting buto ng damo sa lupaing ito o magtatanim ng mga halaman na angkop sa pagtubo sa disyerto—kung magagawa nilang baguhin ang kapaligirang ito, magiging pagbawi ito ng sangkatauhan sa kanilang pagkakamali at hindi ito magiging masyadong huli, subalit ganoon ba iyon kasimple sa realidad? Ang kaayusang itinatag ng Diyos ang pinakamainam at pinakaangkop. Kailangang sundin ng mga tao ang kaayusang ito para mapanatili ang pag-iral ng kalupaan, at para patuloy na makapamuhay rito ang mga hayop, mga halaman, at ang sangkatauhang ito, na partikular na maayos na nagkakasundo ang bawat nilalang, at magkasabay na umiiral sa paraang kapwa mapagpigil at simbiyotiko. Kung mawasak ang isang bahagi nito, maaaring hindi ka makakita ng anumang kahihinatnan sa loob ng sampung taon, subalit pagkatapos ng dalawampung taon kung kailan tunay na

mararamdaman mo ang mga kahihinatnan, walang sino man ang makakapagpawalang-bisa nito. Ano ang ipinahihwatig nito? Na kung hindi gagawa ng malalaking pagbabago ang Diyos, mula sa puntong iyon ang kapaligiran kung saan namumuhay ang mga tao ay lalala lang nang lalala; hindi ito uunlad sa tamang direksiyon. Iyon ang magiging kahihinatnan. Ano ang pinagmulan ng kahihinatnan ito? Ang pinagmulan ay ang mentalidad ng hindi pagtanggap sa pagkatalo na pinupuri ng sangkatauhan, na unang pagpapamalas ng pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo. Sa nakikita ng mga tao, ang pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo ay isang “dakila” at “sagradong” sawikain, subalit ang unang epekto ng ideya na ibinubunga nito sa sangkatauhan ay ang magdala ng gayong kalaking masasamang kahihinatnan sa kanila. Iniisip ng mga tao na, “Hindi ba’t may kaayusan sa natural na mundo? Parang wala lang naman ito sa paningin ko. Hindi ba’t sinasabi ng mga tao na ito ay banal at hindi dapat wasakin? Puwes, sisirain ko ito, at tingnan na lang natin kung ano ang mangyayari!” Ang masasamang kahihinatnan na “tinatamasa” ng sangkatauhan ngayon ay ang huling bagay na gusto nilang makita. Ganito nangyayari ang kahihinatnan ng “tingnan kung ano ang mangyayari”; inilatag ito sa harap ng sangkatauhan para makita nila. Nakita na ng lahat ang mga eksena ng mga “huling panahon.” Hindi ba’t nakuha nila ang nararapat sa kanila? Idinulot nila ito sa sarili nila.

Ang unang pagpapamalas ng pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo ay ang hindi pagtanggap sa pagkatalo. Ano ang mga kahihinatnan na dapat pasanin ng mga tao? Isang mapaminsalang sakuna; inaani nila ang masasamang kahihinatnan ng kanilang mga pagkilos—sa karaniwang pananalita nakukuha nila ang hinihingi nila, at nakukuha ang nararapat sa kanila! Ngayon ay alam mo na kung talagang tama ang pariralang ito, at kung ito ang katotohanan, tama? Ang pariralang ito ba ang katotohanan? (Hindi.) Hindi ito ang katotohanan. Ipagpalagay na sabihing muli ng mga walang pananampalataya, “Dapat ay mayroon tayong kaunting sigla at katatagan sa sarili nating asal!” Pinag-iisipan mo ito at sinasabing, “Sobrang totoo niyan. Bilang mga mananampalataya, palagi nating pinag-uusapan ang tungkol sa pagpapasakop. Hindi ba’t masyadong kulang iyon sa awtonomiya? Hindi ba’t masyadong mahina iyon? Wala tayong katatagan ng loob.” Ganito ka ba mag-isip? Kung tinatanggap mo ang mga bagay na sinabi Ko ngayon, hindi ka kailanman mag-iisip sa ganitong paraan. Sa halip, sasabihin mong, “Wala nang pag-asa ang sangkatauhan. Hindi na kataka-takang kinasusuklanan sila ng Diyos. Lumampas na ang sangkatauhan sa punto na makakausap sila nang may katwiran.” Hindi mo tatanggapin ang ganoong uri ng ideya. Kahit na wala kang naaangkop na kontra-tugon, o hindi naaangkop na makipagdebate ka sa mga taong ito, sa iyong puso alam mong ang kanilang mga pananaw ay tiyak na hindi ang katotohanan. Gaano man kapositibo ang tingin ng mga tao sa ganitong uri ng ideya, at gaano man ito isinusulong at pinupuri ng mga tao, hindi ka maiimpluwensiyahan nito. Sa kabaligtaran, tatalikuran at hahamakin mo ito. Natapos Ko na ang pagbabahagi tungkol sa unang pagpapamalas ng pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo. Nagsimula Ako sa pagbabahagi tungkol sa katotohanan, paano Ako nalihis ng paksa? Ito ang iniisip Ko: Kung ang nakukuha mo

mula sa pagbabahagi Ko ay limitado sa isang depinisyon o konsepto, hindi mo kailanman mauunawaan kung ano ang mga tama at mga hindi tamang bahagi ng ideyang ito. Maguguluhan ka lang—minsan iisipin mo na tama ang ganitong uri ng ideya; minsan iisipin mo na mali ang ganitong uri ng ideya, subalit hindi ka magiging malinaw kung ano ang mali rito o kung ano ang tama rito. Dagdag pa rito, madalas kang magsasagawa nang naaayon sa “prinsipyong” ito, at palaging magiging magulo ang iyong isipan. Kung hindi ka makakikita nang malinaw, hindi mo magagawang pakawalan ang ganitong uri ng ideya. Kung hindi mo magagawang pakawalan ito, kaya mo bang lubos na isagawa ang katotohanan? Kaya mo bang lubos na sambahin at sundin ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan? Hindi, hindi nang lubos. Magagawa mo lang na isipin sa relatibong paraan o nang paminsan-minsan na ang mga salita ng Diyos ay tama o na ang mga salita ng Diyos ay palaging tama, at itinataguyod mo ito sa usaping doktrina. Subalit kung apektado at nababagabag ka pa rin nitong tinatawag na kaalaman, at ng mga salitang ito na tila tunay subalit talagang huwad, ang mga salita ng Diyos ay palaging magiging relatibong tama sa iyo, sa halip na maging ang ganap na katotohanan.

B. Pagtitiis ng Kahihyan at Pagbubuhay ng Mabigat na Pasanin

Ang ikalawang pagpapamalas ng pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo ay ang pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin. Ang pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin ay isa ring anyo ng pag-iisip, isang mentalidad, at isang saloobin sa mga bagay na isinusulong ng mga makamundong tao. Sa lipunan at sa mundo, isa itong paraan ng pag-iisip na medyo positibo, at na iniisip ng sangkatauhan na medyo optimistiko, nakatuon sa pag-unlad, at positibo. Kaya ano ito na gusto nating himayin? Ano ang masama sa pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin? Bakit hindi ito ang katotohanan? Pundamental itong walang kinalaman sa katotohanan. Ano ang ibig Kong sabihin kapag sinasabi Kong wala itong kinalaman sa katotohanan? Ibig Kong sabihin na kung gusto mong magsagawa ng katotohanan, dapat mong gawin ito nang ganap na naaayon sa mga prinsipyo ng mga salita ng Diyos, at nang naaayon sa mga pamantayan at mga partikular na hinihingi ng Diyos. Hindi mo dapat paghaluin ang mga saloobin at pananaw sa paggawa ng mga bagay-bagay, at ang mga pamamaraan at estratehiya ng mga tinatawag na ideolohiya, mentalidad, at integridad ng tao. Ang mga salita ng Diyos ang katotohanan, at walang kinalaman sa mga bagay na ito. Kung gayon bakit masama ang pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin? Bakit sinasabi Kong hindi ito ang katotohanan? Hindi ba’t mahalagang himayin ito? (Oo, ganoon nga.) Simulan natin sa pagpapaliwanag sa literal na kahulugan ng parirala; pagkatapos ay magiging mas madali itong maunawaan. Ang pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng kakayahang tiisin ang lahat ng kahihyan, sakit, at kawalan ng dignidad alang-alang sa iyong mga responsabilidad, pasanin, o ang misyong iyong isinasagawa at tinatanggap. Ito ang batayang kahulugan ng pariralang ito. Kung gayon, sa anong

mga kapaligiran at sitwasyon karaniwang ginagamit ng isang tao ang pariralang ito? Kung sinasabi ng isang tao na ang isang tao ay nagtitiis ng kahihyan at nagbubuhay ng mabigat na pasanin, ang taong iyon ba ay kasalukuyang nasa isang sitwasyon kung saan kompleto na ang kanyang misyon, at naisakatuparan na niya ang layon na gusto niyang isakatuparan? (Hindi.) Kaya, madalas kapag nagsasalita ang isang tao tungkol sa pagtitiis ng kahihyan at nagbubuhay ng mabigat na pasanin, tinutukoy niya ang isang di-mahalagang tao na nasa isang sitwasyon kung saan ganap na wala siyang katayuan at walang karangalan, lalong walang anumang kapangyarihan. Nasa ganitong sitwasyon siya, subalit kailangan pa rin niyang pasanin ang mga responsabilidad niya, pasanin ang misyon na kailangan niyang kompletuhin, huwag panghinaan ng loob, huwag magkompromiso, at huwag sumuko. Hindi ba't isa rin itong uri ng mentalidad? Ano ang diin sa mentalidad na ito? Ito ay sa “pagtitiis” at “pagbubuhay.” Ang “pagtitiis” ay nangangahulugang maging matiyaga at pagtiisan ang isang bagay. Kasabay ng pagtitiis sa isang bagay, kailangan niyang akuin at pasanin ang isang mabigat na pasanin at responsabilidad, huwag mabigong matugunan ang mga inaasahan ng lahat, at huwag hayaang mabigo ang taong nagkatiwala sa kanya ng atas na ito. Anong uri ng mentalidad ito? (Pagtitiyaga.) May ganitong elemento ng kahulugan dito, subalit ito ang pinakapangunahin at pinakamababang antas ng kahulugan. Ano pa ang mayroon? Suriin natin ito sa ganitong paraan. Ano ang ibig sabihin ng “kahihyan” sa “pagtitiis ng kahihyan”? (Kawalan ng dignidad at kawalan ng dangal.) Ito ay kapag ang lahat ng nakapalibot sa taong ito ay ipinapahiya siya at ipinararamdam sa kanyang nagdusa siya ng kawalang-dignidad. Aling mga pag-uugali sa partikular ang namamahiya sa mga tao at nagpaparamdam sa kanilang nagdusa sila ng kawalang-dignidad? (Kinukutya sila, sinisiraang-puri sila, at gumagawa ng mga mapanlibak na pahayag tungkol sa kanila.) Tama, kinukutya at sinisiraang-puri sila, gayundin ginagawang katatawanan sila, pinaglalaruan sila, at gumagawa ng mga mapanlibak na pahayag tungkol sa kanila. Kaya, ano ang ibig sabihin ng “mabigat na pasanin” sa “pagbubuhay ng mabigat na pasanin”? (Responsabilidad at atas.) Ano ang nakapaloob sa responsabilidad at atas? Nakapaloob sa mga ito ang isang uri ng misyon at mabigat na pasanin—ang mabigat na pasanin ito ay maaaring isa na ipinagkatiwala ng ibang tao sa isang tao, o maaaring isang layon ito na ipinaglalaman ng isang tao, o isang misyong sila mismo ang nagtakda para sa sarili nila. Anong mga uri ng mga misyon ang iniisip ng mga tao na isinasagawa nila? (Pagbibigay ng karangalan sa kanilang mga ninuno, at pamumukod-tangi sa iba.) (Maging pinakamagaling sa lahat.) Mga halimbawa ang lahat ng ito. Sa totoo ay mga sariling ambisyon ang mga ito ng mga tao. Para makamit at maisakatuparan ang mga layong ito, sa kasalukuyan nilang sitwasyon, nagagawa nilang magtiis ng mga kawalan ng dignidad, pangungutya, paninirang-puri, mga mapanlibak na pahayag, at maging panunuya mula sa mga tao sa paligid nila. Ano ang nagtutulak sa kanila para tiisin ang lahat ng ito? Halimbawa, may isang tao na may ambisyong maging isang nakatatasa na heneral ng hukbo. Bago siya magkamit ng kapangyarihan, may isang araw na siya ay ipinahiya ng isang grupo ng

mga sanggano, sinasabing, “Ikaw? Isang heneral ng hukbo? Sa puntong ito, ni wala kang kabayo—kaya paano ka magiging isang heneral? Kung gusto mong maging heneral, gumapang ka muna sa pagitan ng mga binti ko!” Humagalpang ng tawa ang lahat ng tao sa tabi niya. Saglit siyang nagmuni-muni sa sarili, “Walang mali sa kagustuhang maging isang heneral ng hukbo. Bakit nila ako kinukutya at ginagawang katatawanan? Pero hindi ako puwedeng maging padalos-dalos at ipakita ang galing ko ngayon. Kung huhusgahan sa kung paano umuusad ang mga bagay-bagay ngayon, kung hindi ko gagawin ang sinasabi nila, mabubugbog ako, at kung hindi uusad nang maayos ang mga bagay-bagay, maaaring mamatay ako. Paano ako magiging isang heneral kung gayon? Para sa kapakanan ng aking mga adhikain, ang paggapang sa pagitan ng mga binti ng isang sanggano ay wala lang. Ako pa rin ako, hindi ba?” Sa puntong ito, bigla siyang napaluhod, inilapat ang parehong kamay sa lupa, at gumapang sa pagitan ng mga binti ng sanggano na parang isang aso. Habang gumagapang siya, mahirap itong tanggapin sa puso niya at nasaktan ang puso niya, na parang sinaksak ito ng isang patalim—may pagkamuhi sa puso niya! Iniisip niyang, “Isang araw kapag naging heneral na talaga ako, tatadtarin kita nang pinong-pino!” Ito ang iniisip niya sa puso niya, subalit sa panlabas kailangan niyang tiisin ito—hindi niya maaaring ipakita sa iba kung ano ang iniisip niya. Pagkatapos niyang gumapang sa pagitan ng mga binti ng sanggano, nalugod ang grupo ng mga sanggano at pinaalpas siya, binigyan siya ng isang mabilis na tadyak palayo. Tumayo siya, pinagpag ang alikabok sa sarili niya at sinabi pa ngang, “Magandang sipa. Tatawagin kitang ‘boss’ simula ngayon.” Kung ano ang iniisip niya sa loob at kung ano ang ipinakikita niya sa labas ay ganap na magkaiba. Paano niya nagagawa ito? May isa lang siyang layon: “Kailangan kong patuloy na mabuhay. Tinitii ko ang lahat ng ito para dumating ang isang araw na magiging isang heneral ako, at magiging pinakamagaling sa lahat. Sulit na magdusa ng paghihirap at kahihiyang ito ngayon. Bukas kailangan kong mas magtrabaho pa at magsikap para magpunyaging kamtin ang aking layon. Anumang mga paghihirap ang aking nararanasan, at gaano man karaming pagdurusa at kawalang-dignidad ang aking tinitii, dapat akong maging heneral! Pagkatapos kong maging heneral, ang unang bagay na dapat kong gawin ay patayin ang salbaheng ito at bumawi sa pagkapahiya sa akin nang pinagapang ako sa pagitan ng mga binti niya!” Maging heneral man siya o hindi sa hinaharap, ang “pagtitiis” ang pinakamataas na prinsipyo niya sa sandaling iyon. May anuman bang estratehiya o lihim na pakanang nakapaloob dito? (Oo.) May mga lihim na pakana. Nagtitiis siya dahil wala na siyang ibang magagawa; para saan ito? Ito ay para balang araw ay mapawi niya ang lahat ng kawalang-dignidad na ito. Ang pagtitiis niya ay batay sa mga kasabihan tulad ng, “Kung may buhay, may pag-asa” at “Hindi pa huli ang lahat para maghiganti ang isang maginoo”—ang lahat ng ito ay mga pakana. Itong mga pakanang ito ang nagtulak sa kanya na pagtiisan ang kahihiyang sa paggapang sa pagitan ng mga binti ng sanggano. Mula sa puntong ito, mas lumaki at mas tumindi ang pagnanais sa puso niyang maging isang heneral; hinding-hindi siya susuko. Kaya, para saan ang kawalang-dignidad at

kahihyang tiniis niya? Ito ba ay para mapanatili niya ang isang makatarungang layunin o mapanatili ang tunay na dignidad? Ginawa niya ito para sa kapakanan ng sarili niyang matinding ambisyon. Kung gayon, positibo ba ito o negatibo? (Negatibo.) Batay sa antas ng kahulugang ito, ang “pagtitiis” na ito ay ganap na inuudyukan ng personal na interes, pagnanais, at matinding ambisyon. May katotohanan ba sa pagtitiis na ito? (Wala.) Kung walang katotohanan, mayroon bang normal na pagkatao? (Wala.) Hindi ito makatarungan, ni hindi ito matuwid, lalong hindi ito walang kapintasan; sa halip, punong-puno ito ng pagnanais, mga lihim na pakana, at mga kalkulasyon—hindi ito positibo.

Ang uri ng pag-iisip at mentalidad ng pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhat ng mabigat na pasanin na isinusulong ng buktot na sangkatauhang ito ay katulad lang talaga ng kuwentong sinabi Ko ngayon lang, kung saan kung nais ng isang tao na makamit ang malalaking bagay, dapat niyang tiisin ang mga bagay na hindi kayang tiisin ng karaniwang tao. Ano ang pangunahing tinutukoy ng pagtitiis na ito? (Pagtitiis ng kahihyan.) Hindi. Ang mga bagay ba na ipinasasabuhay ng pagtitiis na ito sa mga tao ay tunay o huwad? (Huwad.) Ito ang mahalagang punto. Ang mga bagay na isinasabuhay ng mga tao, ang mga salitang sinasabi nila, at ang pag-uugaling ipinakikita nila para sa kapakanan ng kanilang mga adhikain at matinding ambisyon ay huwad lahat, hindi kusang-loob ang lahat ng ito; inuudyukang lahat ang mga bagay na ito ng paunang kondisyon ng lahat ng pagnanais na ito, pansariling interes, at mga tinatawag na ambisyon at layon ng mga tao. Ang mga bagay na ito na isinasabuhay ng mga tao ay pawang mga pansamantalang hakbang; walang ni katiting ang matapat o tunay; walang ni katiting ang lantad, bukas, o prangka; lahat ito ay pansamantalang hakbang. Hindi ba’t mga mapanlinlang na pakana ang lahat ng ito? Ang mga pansamantalang hakbang ay kapag ang mga tao ay pansamantalang nagtitiis ng isang bagay sa ganitong paraan; pansamantalang nagsasabi ng mga salitang maganda sa pandinig, nanghihikeyat, at nanloloko; at ikinukubli ang tunay nilang pagkakakilanlan, sikolohiya, mga kaisipan, mga pananaw, at maging ang pagkamuhi nila sa kasalukuyan, at hindi hinahayaang makita ito ng ibang tao. Sa halip, gusto nilang makita ng ibang tao ang bahagi nilang iyon na mahina at walang kakayahan, marupok at kimi. Ganap nilang tinatakpan ang tunay nilang mukha—para saan nila ginagawa ito? Ginagawa nila ito para isang araw ay makabuo sila ng isang dakilang layunin, maging pinakamagaling sa lahat, makontrol ang iba, at mangibabaw sa iba. Ano ang ipinapakita kapag isinasagawa at ipinapamalas ng mga tao ang pariralang “nagtitiis ng kahihyan at nagbubuhat ng mabigat na pasanin”? May matapat na saloobin ba ang mga taong gumagawa nito? Mayroon ba silang tunay na pang-unawa ng, at pagsisisi para sa, sarili nila? (Wala.) Halimbawa, sasabihin ng ilan, “Gustong maging heneral ng isang katulad mo?” Pag-iisipan niya ito, pagkatapos ay sasabihing, “Hindi ko ito kaya. Hindi ako magiging heneral. Nagbibiro lang ako.” Tunay ba o huwad ang mga salitang sinasabi niya? (Huwad.) Ano ang iniisip niya sa puso niya? “Ang isang tulad ko lang ang maaaring maging heneral!” Ito ang iniisip niya sa puso niya, subalit ayos lang ba na sabihin niya ito nang malakas? (Hindi.) Bakit hindi? Para maiwasang mabugbog, at para

maitago ang tunay niyang kakayahan, sinasabi niyang, “Nagbibiro lang ako. Hindi ako ganoon katapang para talagang gustuhin kong maging isang heneral. Mas mukha kang nakatataas na heneral—ikaw ang pinakamataas na heneral sa hinaharap. Mas mataas pa iyon sa isang heneral!” Tunay ba ang mga salitang ito? (Hindi.) Nasaan ang mga tunay niyang salita? (Nasa puso niya.) Tama iyon, itinatago niya ang mga tunay niyang salita sa puso niya at hindi sinasabi nang malakas ang mga ito. Bakit hindi niya sinasabi nang malakas ang mga ito? Natatakot siyang mabubugbog siya kapag ginawa niya iyon, kaya hindi niya sinasabi ang mga ito, at hindi ibinubunyag ang mga ito; hindi niya ipinaalam sa sinuman, magpakailanmang itinatago ang mga tunay niyang kakayahan. Ano ang ibig sabihin ng pagtatago ng mga tunay na kakayahan ng isang tao? Ito ay kapag hindi hinahayaan ng isang tao na makita ng ibang tao ang mga tunay niyang abilidad; tinatakpan niya ang mga abilidad na ito at hindi hinahayaang masilip ng iba, para mapigilan ang ibang tao na maging alerto at kumilos nang salungat sa kanilang mga interes. Hindi ba’t ito rin ang tunay na kahulugan ng pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo? (Oo, ito nga.) Ang pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo, pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin; ang hindi kailanman paglimot sa mga sariling layon, pagnanais, at pagkamuhi, at hindi kailanman pagpapakita sa ibang tao ng kanyang tunay na pagkatao at tunay na mga kakayahan. May ilang mahusay na tao ang hindi masyadong nagsasalita kapag nasa isang grupo sila ng mga tao, tahimik sila at hindi umiimik, at kahit na may sinasabi sila, ibinubunyag lang nila ang kalahati ng iniisip nila. Ang ibang tao ay palaging naguguluhan sa pag-arok o pag-unawa sa kung ano talaga ang gusto nilang sabihin, at iniisip na, “Bakit nagsasalita sila sa gayong di-maunawaang paraan? Bakit napakahirap sa kanilang magsalita nang mula sa puso? Ano ang nangyayari dito?” Ang totoo, may mga iniisip sila sa puso nila na hindi nila ipinahahayag, at nakatago rito ang isang tiwaling disposisyon. May iba na hindi nagsasalita sa ganitong paraan, subalit kapag gumagawa sila ng mga bagay-bagay, palagi nilang itinatago ang tunay na lawak ng kanilang kakayahan. Ano ang layon nila sa pagtatago sa tunay na lawak ng kanilang kakayahan? Natatakot silang kapag nakita ito ng mahuhusay at mabibigat na personalidad, maiinggit ang mga ito, magtatanim ng galit sa kanila, at sasaktan sila. Sa mga grupo, hindi ba’t ang mga tao na palaging pumupuri sa iba, palaging nagsasalita ng maganda tungkol sa iba, at palaging nagsasabing mas magaling ang lahat kaysa sa kanila ay ang pinakamasamang uri ng mga tao? (Oo.) Hindi mo kailanman malalaman kung ano talaga sila sa loob. Sa panlabas, makikita mong hindi nila pinag-uusapan ang tungkol dito, kaya iniisip mong wala silang matitinding ambisyon, subalit sa katunayan, mali ka. May ilang tao na tulad nito na nagtitiis ng kahihyan at nagbubuhay ng mabigat na pasanin. Parang sa mga pelikula ito kung saan madalas may mga eksenang ganito—may ilang tao na madalas gumagawa ng mabubuting bagay kapag nasa labas sila ng bahay, ang mga damit na suot nila ay luma at gamit na gamit na, at palagi silang inaalipusta kapag nasa grupo sila; ganito sila sa harap ng iba. Gayumpaman, pagdating nila sa bahay, pumapasok sila sa isang lihim na silid. Ang lihim

na silid ay may mapa sa dingding, at nakapagtanim na sila ng mga impormante para subaybayan ang mga bagay-bagay sa walumpung porsiyento ng mga lokasyon sa mapa. Subalit, patuloy silang pinagdidiskitahan ng mga tao na madalas nakikipag-ugnayan sa kanila at walang ideya na may mga ganito silang matitinding ambisyon. Isang araw kapag kontrolado na nila ang lahat ng lokasyon sa mapa at ganap nang naisakatuparan ang layunin nila, ang mga tao na nang-alipusta sa kanila ay lubos na mabibigla at magsasabing, “Isang demonyo pala ang taong ito—labis-labis ang kanyang ambisyon! Nagkunwari siya sa loob ng napakaraming taon. Walang nakakita sa tunay niyang pagkatao.” Sinasabi niyang, “Ang ginawa ko ay nagtitiis ng kahihiyan at nagbuhat ng mabigat na pasanin. Kung hindi ako nagtiis tulad ng ginawa ko at hindi kayo inilihis sa tunay kong layunin, kung sinabi ko sa inyo ang lahat, makakamit ko ba ang gayon kalaking pagsasakatuparan?” Anong magkakatulad na katangian ang mayroon ang mga gumagawa ng kasamaan at ang mga may napakatinding ambisyon? Ang isang aspekto ay na ang tibay at tiyaga nila ay higit kaysa sa mga karaniwang tao. Gayundin, ang mga lihim na pakana nila ay higit kaysa sa mga karaniwang tao, at kung nakikipag-ugnayan sa kanila ang karaniwang tao, maloloko ito. Ano ang ibig sabihin ng maloloko? Ibig sabihin na walang malinaw na nakauunawa sa kanila. Ang nakikita lang nila ay ang mga bagay na sinasabi at ginagawa nila sa panlabas. Huwag mong isiping makahahapan ka ng anumang mga palatandaan tungkol sa kung ano ang mga iniisip nila sa kaibuturan mula sa ginagawa at sinasabi nila. Hindi ba’t ito ay pagiging naloloko nila? Ang tibay at pagtitiyaga ay likas na mga positibong salita, pero ginawa ito ng mga lihim na pakana nila kaya ang tibay at pagtitiyaga nila ay negatibo. Gayundin, may mga pagnanais at matinding ambisyon sila na mas labis pa kaysa sa mga karaniwang tao. May mga pagnanais at matinding ambisyon ang isang karaniwang tao, subalit kapag pakiramdam niya ay hindi na niya makakamit ang isang bagay ay sumusuko siya at hindi gustong danasin ang pagdurusang iyon. At saka, palagi siyang hayagan sa kung sino ang gusto niyang kalabanin; wala siyang mga lihim na pakana. Gayumpaman, ang ganitong uri ng masasamang tao ay may sukdulang mga ambisyon, at palaging nagsasakatuparan ng mga lihim na pakana at mga mapanlinlang na plano. Hindi nila kailanman tatalikuran ang mga ambisyon at pagnanais nila; lalaban sila hanggang sa wakas—hanggang sa kamatayan.

Isinasalaysay ng mga aklat-aralin kung paanong si Goujian, hari ng Kaharian ng Yue, ay natulog sa mga sanga at dumila sa apdo. Itinuturo din ng mga magulang sa mga anak nila ang tungkol dito. Iniisip ng ilang bata na nakarinig ng kuwento na, “Napakasarap maging isang karaniwang tao. Bakit talagang kinakailangan ng mga tao na magkaroon ng gayong mga labis na ambisyon? Sino ang kayang magdusa ng pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo? Hindi iyon pagdurusa na kayang tiisin ng mga karaniwang tao.” Ang mga taong may mga matinding ambisyon lang ang may determinasyong magdusa nang ganoon; may isang lihim na pakanang likas dito. Gayumpaman, itinataguyod ng sangkatauhan ang ganitong uri ng mentalidad. Halimbawa, may isang pariralang nagsasabing, “Gaano man ang paghihirap at kawalang-dignidad na dinaranas nila,

gaano man kabigat ang sitwasyon nila, hindi dapat mawala sa isip ng mga tao ang mga ambisyon nila.” Isinusulong ng lipunang ito ang mga ideya tulad ng pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo, at pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhat ng mabigat na pasanin para udyukan ang mga tao at hikayatin silang ipaglaban ang kaligayahan at mga layon nila, kaya bakit pinipintasan natin ito bilang mali? Ang lahat ng sangkatauhan ay ginawang tiwali ni Satanas. May isang miyembro ba ng sangkatauhan na may mga layong nakatuon sa katotohanan, at sa tamang direksiyon? (Wala.) Kaya, habang mas natutulog sa mga sanga at dumidila sa apdo ang sangkatauhan, at habang mas nagtitiis sila ng kahihyan at nagbubuhat ng mabigat na pasanin, mas magiging mabangis ang mga puwersa ni Satanas, mas darami ang mga labanan at patayan ng sangkatauhan, mas magiging buktot ang sangkatauhan, at mas magiging madilim ang lipunan. Sa kabaligtaran, kung magagawa mong sundin ang mga pagsasaayos ng Langit at ihanay ang sarili mo sa natural na kaayusan ng lahat, kung magagawa mong tanggapin ang mga bagay-bagay pagdating ng mga ito, igalang ang kaayusang ito, at hintayin ang mga pagsasaayos ng Langit, hindi mo na kailangang magtiis ng kahihyan at magbuhat ng mabigat na pasanin. Kailangan mong magising at bumalik sa iyong wisyo. Ang magawang sundin ang mga pamamatnugot at pagsasaayos ng Diyos ay tama. Bukod pa rito, sa lahat ng ginagawa nila, dapat kahit papaano ay magawa ito ng mga tao nang naaayon sa konsensiya nila, at sa mas mataas na antas, magawa ito nang naaayon sa mga kautusang itinakda ng Diyos para sa sangkatauhan. Kung gayon, kailangan pa rin ba ng mga tao na magsuot ng maskara at magbuhat ng mabigat na pasanin? (Hindi.) Hindi, hindi nila kailangan. Sa pamamagitan ng pagbabahaginang ito, nauunawaan ba ninyo nang eksakto kung anong uri ng pag-uugali ang pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhat ng mabigat na pasanin? Positibo o negatibo ba ang layon ng pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhat ng mabigat na pasanin? (Negatibo.) Kung sasabihin ng isang tao na nagtitiis ng kahihyan at nagbubuhat ng mabigat na pasanin ang isang tao para maging isang lider, o sasabihing nagtitiis ng kahihyan at nagbubuhat ng mabigat na pasanin ang isang tao para makompleto ang atas na ibinigay ng Diyos sa kanya at magantimpalaan, o sasabihing nagtitiis ng kahihyan at nagbubuhat ng mabigat na pasanin ang isang tao para hangarin ang maperpekto—makatwiran ba ang mga salitang ito? (Hindi, hindi makatwiran ang mga iyon.) Ang pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhat ng mabigat na pasanin ay ganap na isang satanikong pilosopiya; walang katotohanan dito, at sa sandaling marinig mo ang mga salitang ito, malinaw na baluktot ang mga ito. Kung sinasabi ng isang tao na nagtitiis ng kahihyan at nagbubuhat ng mabigat na pasanin ang isang tao para hintayin ang mga pagsasaayos ng Diyos at magpasakop sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, tamang bagay ba na sabihin ito? (Hindi.) Paanong hindi ito tama? Hindi nagtutugma ang dalawa sa isa’t isa—hindi kailangan ng Diyos na magtiis ka ng kahihyan, at hindi Niya kailangan na magdusa ka ng kawalang-dignidad. Ano ang mahalagang pagkakaiba sa pagitan ng pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhat ng mabigat na pasanin na pinag-usapan dito, at ng mga taong nananampalataya sa Diyos

at nagpapasakop sa Kanya? (Ang pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhat ng mabigat na pasanin ay isang pagtatangkang iwaksi ang mga pamamatnugot at pagsasaayos ng Diyos.) Ang pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhat ng mabigat na pasanin ay nangangahulugang ang mga tao ay may mga sarili nilang plano, ambisyon, kahilingan, at layong hinahangad. Naaayon ba ang mga ito sa mga pamantayang hinihingi ng Diyos sa mga tao, at sa mga layong dapat hangarin na ibinigay ng Diyos sa mga tao? (Hindi.) Hindi, hindi naaayon ang mga ito. Ano itong nilalayon ng mga tao na makamit para sa sarili nila sa pamamagitan ng pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhat ng mabigat na pasanin? Ang nilalayon nila ay makamit ang pansariling interes, at iyon ay walang kaugnayan sa tadhanang pinamamatnugutan at pinamamahalaan nang may kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa tao.

Ang sinumang nagsasagawa ng pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhat ng mabigat na pasanin ay may isang intensiyon at isang layon. Halimbawa, sa unang pagpasok ng isang bagong gradweyt sa kolehiyo sa isang kompanya para mag-intern, sinasabi ng mga mas matagal nang kawani, “Kailangang gawin ng mga nagtapos sa kolehiyong pumupunta rito ang mga mababang uri ng tungkulin sa loob ng tatlong taon.” Sa loob-loob, iniisip niya, “Bagaman nakatapos ako ng kolehiyo, hindi ako magpapasailalim sa inyo!” Iniisip niya ito sa loob-loob niya, subalit hindi nangangahas na ipahayag ito nang malakas. Sa panlabas, kailangan pa rin niyang magpanggap na ngumingiti; araw-araw dapat niyang sundin ang mga panuntunan, maging masunurin, at yumukod at magpakumbaba, at dapat tiisin ito kapag may mga taong bumabatikos sa kanya. Ano ang layon niya sa pagtitiis na ito? Ito ay para dumating ang isang araw na mapapasinghal siya sa tagumpay, magiging kalihim ng manedyer o amo, at matatapak-tapakan iyong mga taong umapi sa kanya. Hindi ba’t ito ang iniisip niya? Sinasabi ng ilang tao, “Ganoon siya dapat mag-isip at iyon ang dapat niyang gawin. Kung hindi, patuloy siyang hahamakin ng mga tao buong buhay niya. Sinong gustong magdusa nang ganoon? Dagdag pa, paano makapagpatuloy ang mga tao kung wala silang mga ambisyon? Nagsusumikap ang tao na umangat; dumadaloy ang tubig pababa—ito ang paraan ng pamumuhay. Ang isang sundalo na hindi nais maging heneral ay hindi isang mabuting sundalo.” Naging motto niya ang mga salitang ito, subalit satanikong lohika ang lahat ng ito. Dapat siyang magtiis sa ganitong paraan para maisakatuparan niya ang layunin niya—araw-araw, taon-taon, nagiging mapagpitagan at magalang sa lahat. Isang araw, sinabi ng amo niya sa kanya, “Mahusay ang naging paggampan mo nitong nakaraang tatlong taon. Simula sa susunod na linggo, magiging salesperson ka.” Nang marinig niya ito, nalungkot ang kanyang puso: “Nagpakahirap ako nang tatlong taon para lang maging isang salesperson! Akala ko magiging isa akong ehekutibong direktor ng sales!” Subalit dapat siyang magpasalamat para sa promosyon. Hindi pa niya naaabot ang layon niya, kaya dapat magpatuloy siyang magtiis. Nagpapatuloy siyang magtiis ng kahihyan at magbuhat ng mabigat na pasanin, masidhing sinusundan ang amo niya, nakikisama sa inuman at nagpapanggap na ngumingiti, at matapos niyang tiisin ito sa loob ng sampung taon, sa wakas ay

nakamit na niya ang kanyang layon. Isang araw, sinabi ng amo niya sa kanya, “Ginawa mo nang maayos ang trabaho mo. Itataas kita sa posisyon ng assistant.” Pagkarinig niya nito, lalo siyang naligayahan sa loob—nagtagumpay na siya sa wakas! Anong resulta ito? Sa mga mata niya, mas mataas na siya kaysa sa lahat ng iba pa. Hindi ba’t ginawa niya ang lahat ng ito nang kusang-loob? (Hindi.) Para kanino niya ginawa ang lahat ng ito? (Para sa sarili niya.) Para sa sarili niya. Walang positibo o dapat tularan dito, at lalong walang anumang karapat-dapat sa papuri at pagtataas. Subalit itong uri ng mentalidad na ito ang isinusulong sa lipunan ngayon—pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin, palihim na kumikilos nang nakabahag ang kanilang buntot. Samakatwid, anong uri ng parirala itong isinusulong ng mga tao: “pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin”? (Isang masamang parirala.) Paanong masama ito? Ang mga tao ay nagtitiis ng kahihyan at nagbubuhay ng mabigat na pasanin dahil lang sa sarili nilang mga intensiyon at motibasyon, at para matugunan ang sarili nilang mga pagnanais at matinding ambisyon. Hindi ito para sa kapakanan ng mga tamang layon. Iyon ang dahilan kung bakit sinasabi Kong wala sa mga ito ang karapat-dapat tularan, at wala sa mga ito ang karapat-dapat na purihin o parangalan, at tiyak na hindi karapat-dapat na tandaan. Muli nating tingnan kung ano ang nangyari sa palasyo noong sinaunang panahon. May isang emperador na namatay. Nakita ng emperatris na maliit pa ang kanyang anak at ganap na hindi pa makakayanang kontrolin ang korte kung maluluklok ito sa trono, kaya, para matiyak na talagang mamumuno bilang emperador ang kanyang anak, siya ay nagtiis ng kahihyan at nagbuhay ng mabigat na pasanin at pinakasalan niya ang nakababatang kapatid ng dating emperador, at sinuportahan nilang dalawa nang magkasama ang karapatan ng anak niya sa trono. Ano ang layon niya sa pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin? Ito ay para sa posisyon ng kanyang anak bilang emperador. Kapag tiyak na ang posisyon ng kanyang anak bilang emperador, ang kanyang katayuan ay magiging balong emperatris. Ito ang tinatawag na pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin. Anong kahihyan ang tinitii niya? Hindi siya nanatiling dalisay; pagkamatay ng emperador, agad niyang pinakasalan ang nakababatang kapatid nito, na nagbigay sa kanya ng masamang reputasyon. Pinintasan at hinusgahan siya ng mga tao sa likod niya, at maging ang mga aklat-pangkasaysayan ay hindi siya binigyan ng magandang pagtatasa. May pakialam ba siya? Ang totoo, bago niya pinakasalan ang dati niyang bayaw naisip na niya ang mga magiging epekto, kaya bakit niya ito ipinagpatuloy? Ito ay para matiyak ang posisyon ng anak niya bilang emperador at maprotektahan ang posisyon niya bilang balong emperatris. Iyon lang ang dahilan kung bakit tinitii niya ang gayong kasamang reputasyon at kusang-loob na nagdusa ng paghihirap na ito. Ito ang tinatawag na pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin. Ano ang nakamit niya mula sa pagtitiis ng lahat ng kawalang-dignidad na ito? Ang nakamit niya ay mas malaki pa ngang benepisyong ito. Ang kanyang layon sa pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin. Nang matamo na niya ang malaking benepisyong ito, ang lahat ng masamang reputasyong

iyon ay wala nang halaga. Kapalit ng masamang reputasyong ito ay natamo niya ang kapangyarihan at katayuan para sa kanya at sa kanyang anak. Kung gayon positibo o negatibo ba ang kanyang pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin? (Negatibo.) Kung titingnan lang ang kanyang pag-uugali, nagawa niyang talikuran ang sarili niya, at mula sa perspektiba ng kanyang anak, may walang pag-iimbong na bahagi sa mga kawalang-dignidad at pagdurusa ng tiniis niya, kaya dapat siyang purihin ng mga tao at sabihing, “Napakadakila niyang ina!” Subalit kapag tinitingnan ang mga pagnanais at matinding ambisyon niya, at ang tunay na layon niya, dapat siyang pintasan ng mga tao; karapat-dapat na husgahan ang mga pagkilos niya.

Kailangan ba ng mga taong nananampalataya sa Diyos na magtiis ng kahihyan at magbuhay ng mabigat na pasanin? (Hindi.) Kung tinatanggap ng mga tao ang mga salita ng Diyos at tinatanggap ang Kanyang paghatol, pagkastigo, at pagpupungos, mga pagsubok, at pagpipino, at tinatanggap maging ang Kanyang mga sumpa at kondemnasyon sa mga tao, kailangan ba nilang magtiis ng kahihyan at magbuhay ng mabigat na pasanin? (Hindi.) Tiyak ito. Ang paggamit ng pariralang “pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin” sa konteksto ng mga mananampalataya ay ganap na hindi makatwiran at kinokondena. Bakit maling gamitin ang pariralang ito sa kontekstong ito? Paano mapatutunayan ng isang tao na ang pag-uugaling ito ay hindi tama sa kontekstong ito? Ang basta pagkilala sa salita at sa doktrina na mali ang pariralang ito, ay hindi katanggap-tanggap; dapat malaman mo kung ano ang mga katotohanan na tinutukoy nito. Dati, inisip mo pa rin na para matanggap na magawang perpekto ng Diyos at mailigtas ng Diyos, kailangan ng mga tao na matutunan na magtiis ng kahihyan at magbuhay ng mabigat na pasanin, na matulog sa mga sanga at dumila sa apdo, na tularan ang mentalidad ni Goujian, hari ng Kaharian ng Yue, at hinding hindi susuko—sadyang isa ka lang hangal at walang abilidad na umarok ng katotohanan. Ngayon, pagkatapos ng pagbabahagi Ko, iniisip mo, “Hindi mabuti ang pariralang ito. Dati, palagi kong ginagamit ang pariralang ito—paanong naging napakahangal ko?” Nakikita mong hindi mo nauunawaan ang katotohanan at na mababa ang iyong kakayahang makaarok. Dapat mong maunawaan kung ano ang mali sa pariralang ito. Kapag tunay mo nang nauunawaan kung ano ang mali rito, magkakaroon ka ng ganap na pang-unawa sa parirala. Kung nakikita mo lang ang bahagi ng parirala nang malinaw, kung saan nakikita mo nang malinaw ang negatibong bahagi nito, subalit hindi nakikita nang malinaw ang bahagi na iniisip ng mga tao na positibo, ibig sabihin nito na hindi mo pa nauunawaan ang katotohanan. Pagkatapos makinig sa kababahagi Ko lang, magagawa ba ninyong himayin at suriin ang mga bagay na ito nang naaayon sa Aking mga kaparaanan? Bakit hindi kinakailangan ang pagsasagawa ng pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin sa sambahayan ng Diyos? Bakit sinasabi Kong ang pamamaraan at mentalidad na ito ay kinokondena ng sambahayan ng Diyos at hindi naaayon sa katotohanan? (O Diyos, ang pang-unawa ko ay na sa sambahayan ng Diyos, ang pagtanggap sa paghatol at pagkastigo ng mga salita ng

Diyos, at maging ang matanggal o makondena ay hindi nangangahulugan ng pagtitiis ng kahihyan. Sa halip, ito ay ang paraan ng paggawa ng Diyos para iligtas ang mga tao, at ang layunin nito ay para akayin tayo sa tamang landas ng paghahangad sa katotohanan. Ganap na wala itong kinalaman sa pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhat ng mabigat na pasanin. Kung wastong nakaaarok ang mga tao, malalaman nila na ito ang pagmamahal at pagtataas ng Diyos, at na ang pagtanggap sa paghatol at pagkastigo ng Diyos ay ang dakilang pag-aalaga at proteksiyon ng Diyos, at ang pagliligtas ng Diyos para sa mga tao.) Tama ba ang pahayag na ito? (Oo.) Kung hindi mo kayang makita nang malinaw ang paghatol at pagkastigo, lilitaw ang mga oposisyon at reklamo sa iyong puso, at isasagawa mo ang satanikong pilosopikal na pariralang “pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhat ng mabigat na pasanin,” iniisip sa sarili mo, “Ay naku, dapat kong tiisin ang kahihyan at buhatin ang mabigat na pasanin, at tularan ang mentalidad ni Goujian, hari ng Kaharian ng Yue.” Pagkatapos, iuukit mo ang mga salitang “pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhat ng mabigat na pasanin” sa ibabaw ng iyong mesa para himukin ang iyong sarili na magpatuloy at udyukan ang iyong sarili, at gagawin mong motto mo ito. Hindi ba’t nangangahulugan iyon ng problema? Sabihin nang, pagkatapos ng pagbabahaginan ngayon, tiyak na hindi ninyo gagawin ito, subalit gagawin ninyo bang motto ang iba pang parirala, gaya ng pariralang ito na hindi Ko hinimay, “Itago ang liwanag at mag-ipon ng lakas sa dilim”? Hindi ba’t ang kalikasan nito ay pareho? Ang mga bagay na ito ay bahagi ng tradisyonal na kulturang Tsino. Mga lason ba ang mga ito ni Satanas? Ang lahat ng ito ay mga lason ni Satanas; ang lahat ng ito ay mga pilosopiya ni Satanas para sa mga makamundong pakikitungo.

Sa nakaraan, habang gumagawa Ako sa mga iglesia sa kalakhang Tsina, noong kasisimula Ko pa lang ng Aking gawain, isinaayos ng sambahayan ng Diyos para mapaghusay ng ilang kapatid ang kakayahan nilang magbasa at magsulat. Ano ang sitwasyon noong panahong iyon? May ilang tao na matanda na at ilang tao na naninirahan sa mga mas liblib pang lugar. Ang antas ng edukasyon nila ay medyo mababa at hindi sila makapagbasa nang maayos. Halimbawa, tinatalakay ng mga salita ng Diyos ang tungkol sa “mababang kakayahan,” “disposisyon ng Diyos,” at “layunin ng Diyos,” at iba pang nakatakdang termino, subalit hindi nila naunawaan o alam kung ano ang ibig sabihin ng mga ito. Kalaunan, sinabi ng sambahayan ng Diyos sa mga kapatid na maaari nilang paghusayin ang kakayahan nilang magbasa at magsulat sa libre nilang oras, at na dapat nilang malaman kahit papaano ang kahulugan ng ilang nakatakdang parirala, terminolohiya, at pangngalan. Kung hindi, kapag binasa nila ang mga salita ng Diyos, ni hindi nila mauunawaan ang kahulugan ng mismong mga salita at parirala, kaya paano nila mauunawaan ang mga salita ng Diyos? At kung hindi nila mauunawaan ang mga salita ng Diyos, paano nila maisasagawa ang katotohanan? Pagkatapos nito, nagsimulang pagsikapan ng mga kapatid ang pag-aaral ng mga bagay na ito. Mabuting bagay ito, subalit inabuso ng ilang tao na may baluktot na pagkaarok ang sitwasyon. Sa mga pagtitipon, eksklusibong pinag-usapan ng ilang lider ang tungkol sa kahalagahan

ng pagpapahusay sa kakayahan ng isang tao na magbasa at magsulat, kung paanong dapat na matutong magbasa at magsulat ang mga kapatid, ang mga benepisyo ng kakayahang magbasa at magsulat, at kung ano ang mangyayari kung hindi sila marunong magbasa at magsulat. Pinag-usapan nila ang tungkol sa isang buong bungkos ng mga doktrina tulad ng mga ito. Hindi katotohanan ang mga bagay na ito, at hindi na kailangang masyado pang pag-usapan ang mga ito. Sa sandaling sabihin ng isang tao ang mga bagay na ito, mauunawaan ng mga tao ang mga ito; hindi kailangang magbahagi tungkol sa mga ito sa mga pagtitipon na tila ang mga ito ang katotohanan. May ilang lider na hindi lang inubos ang maraming oras sa mga pagtitipon sa pagbabahagi tungkol sa mga bagay na ito na tila ba ang mga ito ang katotohanan, nakaisip din sila ng isang bagong pakulo, at partikular na sinubok ang mga kapatid sa mga salitang madalang gamitin. Kung hindi makasagot ang mga kapatid, hindi ba't pinagmukha nitong may mataas na pinag-aralan ang mga lider? Noong panahong iyon may ilang huwad na lider na hindi gumawa ng tunay na gawain—hindi sila nagbahagi tungkol sa mga karanasan sa buhay, sa katotohanan, o sa mga salita ng Diyos, sa halip ay eksklusibo silang nagbahagi tungkol sa kakayahang magbasa at magsulat. Ano ang tawag dito? Tinatawag itong hindi paggawa ng wastong trabaho ng isang tao. Hindi ba't isang problema ito? (Oo.) Bakit nagsasalita Ako tungkol sa isyung ito? Ano ang pakinabang nito sa inyo? May kakayahan ba kayong gawin ang ganitong uri ng bagay? May sinuman ba na nagpaplanong kumilos nang ganito? Kung ganito kayo kumikilos, tunay kayong mga tao na magulo ang isip! May ilang tao na nakikita Akong nagsasalita tungkol sa mga idyomang ito, at umaakma sila para sa pagkilos at nagsisimulang ihanda ang sarili nila, sinasabing, “Lumalabas na ganito lang pala kadali ang pagbabahagi tungkol sa katotohanan. Sapat na ang magbahagi lang tungkol sa mga idyoma. Maaari kang magbahagi tungkol sa mga idyoma, at magbabahagi ako tungkol sa dalawang-bahaging pagpapatawa, mga salitang balbal, mga kasabihan, at mga salawikain.” Hindi ba't hindi ito paggawa ng wastong trabaho ng isang tao? (Oo.) Anong uri ng mga tao ang mga ito? Mayroon ba silang espirituwal na pang-unawa? (Wala.) Wala silang espirituwal na pang-unawa, at hindi nila nauunawaan ang katotohanan. Ano ang iniisip nila? “Umuupo Ka ryan at dumadaldal kapag wala Kang magawa at dinadaan lang kami sa ilang idyoma. Kung sinunod ko ang mga pamamaraan Mo, makapagbabahagi rin ako!” Ang mga tao na walang espirituwal na pang-unawa ay tumitingin lang sa panlabas ng mga bagay-bagay at bulag na gumagaya sa Akin. Dapat tanggalin ang mga lider na ito dahil sa paggaya sa pag-uugaling ito, at dapat ding tanggalin ang sinumang gumagawa nang tulad sa kanila. Bakit Ako nagsasalita tungkol dito? Tinatawag Ko ang pansin ninyo tungkol dito bago ninyo gawin ang ganitong pag-uugali, para hindi kayo mapunta sa maling landas. Makapagsasalita Ako tungkol sa mga bagay na ito, subalit kung magsasalita ka tungkol sa mga ito, magagawa mo ba ito sa paraang madaling maarok? Hindi mo magagawa. Kung gayon, bakit Ako nagsasalita tungkol sa mga kasabihan at idyomang ito? Sa anong kondisyon Ako nagsasalita tungkol sa mga ito? Kapag nauunawaan ng mga tao ang konsepto at

depinisyon ng katotohanan, at pagkatapos kung sa pundasyong iyon ay mas lalaliman Ko pa at hihimayin ang mas maraming bagay na iniisip ng mga tao na katotohanan, hindi ito maaarok ng mga tao; hindi nila alam kung paano nila pagmumuni-munihan ito, at hindi alam kung anong iba pang bagay ang dapat nilang iugnay rito. Ito ay dahil hindi kayo nakauunawa kaya Ako nagsasabi sa inyo ng ilang kuwento tungkol sa mga idyoma. Ito ay kinakailangan. Iniisip ng ilang tao na nasa antas na sila ng unibersidad pagdating sa katotohanan, at nagtataka kung bakit inuulit pa rin nila itong mga kurso sa elementarya. Hindi nila maunawaan na hindi ito isang klase sa elementarya, na ito ay isa nang klase sa unibersidad. Hindi pa kayo nakatutuntong sa unibersidad; nananatili pa rin kayo sa elementarya, pero iniisip na ninyo na nakatuntong na kayo sa unibersidad, at mabuti ang pakiramdam ninyo sa sarili ninyo. Sa kasamaang palad, mali ang pakiramdam na ito; isa itong maling pakiramdam—malayo pa rin kayo sa pagtatapos sa unibersidad. Samakatwid, pinaaalalahanan Ko kayong muli: Huwag ninyong gawin ang mga bagay na kasasabi Ko lang. Magbahagi kayo nang matapat sa kung ano ang nauunawaan ninyo, at kung hindi ninyo nauunawaan, huwag kayong magsalita nang walang saysay. Ang pagbabahagi ng katotohanan ay hindi pagdaldal; walang oras ang sinuman para sayanging makinig sa iyong dumaldal. Huwag mo Akong bulag na gayahin, at huwag kang magsalita tungkol kay Goujian, hari ng Kaharian ng Yue, o tungkol sa makabagong kasaysayan o makalumang kasaysayan, dahil nagsalita Ako tungkol sa pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo. Ano ang silbi ng pagsasalita tungkol sa mga bagay na iyon? Handa bang makinig ang mga tao sa mga iyon? Kahit na handang makinig ang mga tao, ang mga bagay na iyon ay hindi ang katotohanan.

Ngayon lang, nagsalita Ako tungkol sa kung paanong ang mga tao na nananampalataya at sumusunod sa Diyos ay hindi kinakailangang magtiis ng kahihyan at magbuhat ng mabigat na pasanin, lalong hindi ang magsagawa ng pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhat ng mabigat na pasanin. Bakit hindi makapagsagawa ang isang tao ng gayong “mabuting” parirala at “marangal” na mentalidad? Nasaan ang problema? Bakit hindi mataglay ng isang tao ang mentalidad ng pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhat ng mabigat na pasanin? Kung pag-uusapan ang usaping doktrina, ito ay dahil ang pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhat ng mabigat na pasanin ay hindi ang katotohanan; hindi sinabi ng Diyos ang pariralang ito; hindi ito ang hinihingi ng Diyos sa sangkatauhan, ni hindi ito isang prinsipyo ng pagkilos na ipinagkaloob Niya sa mga sumusunod sa Kanya. Bakit sinasabi Kong ang pariralang ito ay hindi ang katotohanan at hindi isang prinsipyo ng pagsasagawa? Una, tingnan natin ang salitang “kahihyan” sa pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhat ng mabigat na pasanin. Ano ang tinutukoy ng “kahihyan”? Kawalang-dignidad at pagkapahiya. Kaya kapag nananampalataya ang mga tao sa Diyos at ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa tadhana nila, sa pagpapasakop sa Diyos napapahiya ba sila? Nagtitiis ba sila ng kawalang-dignidad? (Hindi.) Kailangan ba ng mga tao na magtiis, at sabihing, “Para makamit ang pagpapasakop sa Diyos, kailangan kong sugpuin ang apoy sa puso ko, sugpuin ang galit sa puso ko, sugpuin ang mga

reklamo sa puso ko, at sugpuin ang paghihinakit sa puso ko. Dapat kong tiisin ito at huwag umimik. Para sa akin, ang lahat ng bagay na ito ay kahihyan, kaya susugpuin ko ang mga ito”? Isinasagawa ba nila ang katotohanan sa paggawa nito? (Hindi.) Ano ang isinasagawa nila? Paghihimagsik, pagiging huwad, at pagpapanggap. Para makamit ang pagsasagawa ng katotohanan, at para makamit ang pagpapasakop sa katotohanan at pagpapasakop sa kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos, ang unang bagay na dapat mong gawin ay hindi ang magtiis ng anumang uri ng pasakit, at hindi mo kailangang magtiis ng anumang uri ng kawalang-dignidad. Kahihyan ba ang kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos para sa iyo at ang mga hinihingi Niya sa iyo? (Hindi.) Hindi ka Niya ipinahihya. Hindi ka ipinahihya ng Diyos sa paglalantad Niya sa iyo, paghatol sa iyo, pagkastigo sa iyo, pagsubok sa iyo, at pagpipino sa iyo. Sa halip, kasabay ng paglalantad Niya sa mga pagbubunyag ng iyong mga tiwaling disposisyon, ipinapaunawa Niya sa iyo ang sarili mo, ipinatatakwil Niya sa iyo ang mga ito at pinahihimagsik ka laban sa mga ito, at pagkatapos ay pinakikilos nang naaayon sa mga hinihingi ng Diyos. Ano ang epektong makamamit nito? Magagawa mong magpasakop sa Diyos, maunawaan ang katotohanan, at maging isang tao na nagpapalugod sa Diyos, at maging isang tao na sinasang-ayunan ng Diyos. Kaya, kawalang-dignidad ba ang alinman sa mga bagay na dinaranas mo sa proseso at panahon ng pagkakamit mo ng mga bagay na ito? May anumang bagay ba kung saan ipinahihya ka ng Diyos? (Wala.) Kapag inilalantad ka ng Diyos, halimbawa, kapag inilalantad Niya ang iyong pagmamataas, kabuktutan, pagiging mapanlinlang, pagiging matigas ng kalooban, o pagiging malupit, may alinman ba sa mga ito ang hindi mga katunayan? (Wala.) Katunayan ang lahat ng ito. Anuman ang paraan ng mga salita ng paglalantad sa iyo ng Diyos, na sinasabi Niya sa iyo, mga katunayan ang lahat ng ito. Hindi mahalaga kung ito man ay kayang kilalanin ng mga tao, at hindi mahalaga kung gaano man ang kayang unawain at tanggapin ng mga tao, mga katunayan ang lahat ng bagay na ito. Hindi walang-batayan ang mga ito, ni hindi nga pagmamalabis ang mga ito, at tiyak na hindi ito naglalayong palabasin kang may sala. Kung gayon, nilalayon ba ng mga bagay na ito na ipahiya ka? (Hindi.) Hindi lang sa hindi nilalayon ng mga ito na ipahiya ka, nilalayon ng mga ito na maging paalala at babala na huwag tahakin ang landas ng masasamang tao, at huwag sundan si Satanas, nilalayon ng mga itong ipatahak sa iyo ang wastong landas sa buhay. Ang resulta at epekto ng mga bagay na ito sa iyo ay positibo. Ang kalikasan ng mga pagkilos na ito ng Diyos ay ganap na wasto. Ginagawa Niya ang mga bagay na ito para iligtas ka, at ganap na naaayon ang mga ito sa katotohanan. Ito ang paghihirap na dapat pagdusahan ng mga tao, at ang paghihirap na dapat nilang pagdusahan para iwaksi ang mga tiwaling disposisyon nila, matugunan ang mga layunin ng Diyos, at maging isang tunay na nilikha. Ang saloobin na dapat taglayin ng mga tao ay ang kusang-loob na tanggapin ang paghihirap na ito, sa halip na tiisin ito bilang isang kawalang-dignidad. Ang paghihirap na ito ay hindi kahihyan, hindi ito isang pangungutya, at hindi ito patama sa mga tao, at lalong hindi ito pang-aasar ng

Diyos sa mga tao. Ganap itong lumilitaw dahil ang mga tao ay may mga tiwaling disposisyon, naghihimagsik laban sa Diyos, at hindi nagmamahal sa katotohanan. Lumilitaw ang pasakit na ito sa mga tao dahil sa mga salita ng Diyos at sa mga hinihingi ng Diyos sa mga tao, kaya may anumang bahagi ba ng pasakit na ito na sadyang ibinibigay ng Diyos sa mga tao o dagdag na ibinibigay sa kanila, at na hindi dapat pagdusahan ng mga tao? Walang ganoong bagay. Sa kabaligtaran, kung masyadong kaunti ang pasakit na ito ang pinagdurusahan ng mga tao, hindi nila maiwawaksi ang mga tiwaling disposisyon nila. Gaano man kalala ang mga mapaghimagsik na disposisyon ng mga tao, at gaano man ang kayang aminin at tanggapin ng mga tao kapag inilalantad ng Diyos ang mga tiwaling disposisyon nila, sa huli, ang idinudulot ng Diyos sa mga tao ay hindi kahihiyan, at ang pinagdurusahan ng mga tao ay hindi kawalang-dignidad. Sa halip, ito ay ang dapat pagdusahan ng mga tao; ito ay pasakit na dapat pagdusahan ng isang tao na labis na ginawang tiwali ni Satanas; dapat pagdusahan ng mga tao ang pasakit na ito. Bakit sinasabi Kong dapat nilang pagdusahan ito? Dahil ang mga tao ay labis na mapaghimagsik sa Diyos at naging mga Satanas. Kung gusto ng mga tao na iwaksi ang mga tiwaling disposisyong ito at tanggapin ang pagliligtas ng Diyos, kailangan nilang pagdusahan ang paghihirap na ito. Ganap itong tama at nararapat; ito ay landas na dapat pagdaanan ng mga tao, at ito ay paghihirap na dapat nilang pagdusahan. Hindi ang Diyos ang nagdudulot sa kanila ng paghihirap na ito. Tulad ito ng kapag sumakit ang tiyan mo pagkatapos uminom ng malamig na tubig. Sino ang dapat sisihin? Ang malamig na tubig? (Hindi.) Sino ang nagdulot ng paghihirap na ito sa iyo? (Kami.) Ikaw ang nagdulot nito sa sarili mo. Ang resultang ito at ang prosesong ito na pinagdurusahan ng mga tao ay sariling kagagawan nila; walang kawalang-dignidad o kahihiyan na masasabi rito. May ilang tao na hindi ito naaarok sa ganitong paraan; hindi nila tinatanggap ang katotohanan. Ano ang iniisip nila? “Hinayaan ako ng sambahayan ng Diyos na maging isang lider, isinulong ako nito para sa posisyon, at masaya kong isinakatuparan ang trabaho ko bilang isang lider. Hindi ko kailanman inakala na tatanggalin ako ng sambahayan ng Diyos dahil sa hindi ko paggawa nang maayos ng trabaho ko at paggawa ng mga pagkakamali. Anong klaseng tao na ako? Mayroon pa rin ba akong integridad at dignidad? Mayroon pa rin ba akong anumang kalayaang pantao? Mayroon pa rin ba akong awtonomiya?” Iniisip nila na hindi dapat magpasakop ang mga tao sa pamamatnugot at pagsasaayos ng Diyos nang hindi nagkakaroon ng anumang pagpipilian sa usapin, at na kung ganap na magpapasakop ang mga tao, mga hangal sila at mga taong walang dignidad, at na nabubuhay sila sa labis na mahina at agrabyadong paraan. Samakatwid, iniisip ng ganitong uri ng tao na kapag tumatanggap ang mga tao ng paghatol, pagkastigo, at pagpupungos, dapat silang magdusa ng kahihiyan, gaya ng kasabihan na, “Kapag nakatayo ang isang tao sa ilalim ng mababang bubungan, wala siyang pagpipilian kundi ang iyukod ang kanyang ulo.” Tingnan mo, narito ang isa pang satanikong pilosopiya. Pinapayukod ng kilalang pariralang ito ang ulo nila. Ano ang iniisip nila? Kusang-loob ba silang nagpapasakop, o nagtitiis ng kahihiyan at

nagbubuhay ng mabigat na pasanin? (Ang huli.) Iniisip nilang sila ay nagtitiis ng kahihyan at nagbubuhay ng mabigat na pasanin. Hindi sila kusang-loob na nagpapasakop. Ang pagpapasakop nila ay hindi kusang-loob, at hindi ito dalisay. Sa halip, wala silang pagpipilian kundi ang magpasakop. Kaya nakikita nila ang kawalan ng pagpipilian na ito bilang isang uri ng kahihyan. Dahil kayang mag-isip ng ganitong uri ng tao sa ganitong paraan, tinatrato ba nila ang pagsasagawa ng pagpapasakop sa mga salita ng Diyos bilang pagsasagawa ng katotohanan? Hindi. Hindi nila tinatrato ang pagpapasakop bilang ang katotohanan. Sa halip, tinatrato nila ang pagtitiis ng kahihyan at nagbubuhay ng mabigat na pasanin bilang ang katotohanan. Hindi ba't magkaiba ang kalikasan ng mga bagay na ito? (Magkaiba nga.) Bagaman ang mga tao na kusang-loob na nagpapasakop at iyong mga nagtitiis ng kahihyan at nagbubuhay ng mabigat na pasanin ay parehong nagpapasakop, at bagaman wala sa kanila ang nagdudulot ng kaguluhan o lumalaban, at sa panlabas pareho silang mukhang masunurin, may mabuting asal, at mabuti, magkakaiba pa rin ang kalikasan ng mga bagay na ito. Tinatrato ng mga taong taos-pusong nagpapasakop ang pagpapasakop bilang kanilang responsabilidad, tungkulin, at obligasyon; tinatrato nila ito bilang obligasyong dapat nilang tuparin, at bilang ang katotohanan. Kahit na iyong mga hindi taos-pusong nagpapasakop ay hindi lantarang lumalaban, sa puso nila iniisip nilang sila ay nagtitiis ng kahihyan at nagbubuhay ng mabigat na pasanin, at sa paningin nila, ang pagtitiis ng kahihyan at nagbubuhay ng mabigat na pasanin ay ang pinakamataas na katotohanan. Tinatrato nila ang pagtitiis ng kahihyan bilang pagsasagawa ng katotohanan, at ano ang pagtrato nila sa pagpapasakop? Tinatrato nila ito bilang pagtitiis ng kahihyan, hindi pagsasagawa ng katotohanan. Hindi ba't kabaligtaran ito? Ano ang tawag dito? (Baligtad ang pagkakaunawa nila rito.) Baligtad ang pagkakaunawa nila rito. Tinatrato nila ang katotohanan bilang pilosopiya para sa mga makamundong pakikitungo; tinatrato nila ang doktrina at mga pilosopiya ng tao para sa mga makamundong pakikitungo bilang ang katotohanan. Hindi ba't pagbabaligtad ito ng itim at puti? (Oo.) Pagbabaligtad ito ng itim at puti. Kung gayon paano malulutas ang problemang ito? Dapat maunawaan ng mga tao na ang paghihirap na ito na pinagdurusahan nila ay hindi kahihyan, ni hindi ito pagtatangka ng sinuman na ipahiya sila. Kung gayon, ano ang nagdudulot ng paghihirap na pinagdurusahan ng mga tao? (Ang mga tiwaling disposisyon ng mga tao.) Tama iyon. Kung wala kang mga tiwaling disposisyon, at naunawaan mo ang katotohanan, nakapagpapasakop sa Diyos, ganap na nakapagpapasakop sa kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos, at natatakot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan, hindi mo kakailanganing pagdusahan ang paghihirap na ito. Samakatwid, hindi umiiral ang kahihyang ito. Nauunawaan mo, tama?

Sa pagitan ng paghihirap at kahihyan, alin ang positibo? May pagkakaiba ba sa pagitan ng dalawa? (Oo, mayroon.) Ang paghihirap ay positibo. Kung kusang-loob mong tatanggapin ang paghatol, pagkastigo, pagpupungos, at kusang-loob na pagdurusahan itong paghihirap na ito, ang interpretasyon mo ng paghihirap ay magiging, "Dapat kong pagdusahan ang paghihirap na ito. Anuman ang ginagawa ng Diyos, kahit na hindi ko

ito nauunawaan at mahirap ito para sa puso ko na tanggapin, at negatibo at mahina ako, lahat ng ginagawa Niya ay tama. Mayroon akong tiwaling disposisyon at hindi ako dapat makipagtalo sa Diyos. Gaano man kahirap ito para sa puso ko, idinulot ito ng mga sariling pagkakamali ko. Hindi mali ang Diyos; tama ang lahat ng ginagawa ng Diyos. Karapat-dapat akong magdusa ng paghihirap. Sino ang nagdulot sa aking magkaroon ng tiwaling disposisyon? Sino ang nagdulot sa aking lumaban sa Diyos? Sino ang nagdulot sa aking gumawa ng kasamaan? Hindi ang Diyos ang nagkaloob sa akin ng mga bagay na iyon; inuudyukan ang mga iyon ng sarili kong kalikasan. Dapat kong pagdusahan ang paghihirap na ito.” Kung gayon ay positibong bagay ba para sa mga tao na pagdusahan ang paghihirap na ito? (Oo.) Kung nauunawaan ito ng mga tao sa isang positibong paraan at nauunawaan ito mula sa Diyos, positibo ang paghihirap na ito. Gayumpaman, ipagpalagay na sinasabi nilang, “Kaya kong magpasakop, subalit kahit nagpapasakop ako, kailangan ko pa ring malinaw na ipaliwanag ang pangangatwiran ko, at dapat kong malinaw na ibahagi kung ano ang iniisip ko at kung ano ang ginagawa ko. Hindi ako maaaring basta na lang magpasakop sa gayong duwag at magulong paraan. Kung hindi, mamamatay ako sa pagkimkim ng mga bagay-bagay sa loob.” Palagi nilang gustong ipaliwanag ang mga bagay-bagay nang malinaw at tahasan, ipaliwanag ang mga detalye ng mga bagay-bagay nang malinaw, magsalita tungkol sa kanilang pangangatwiran, magsalita tungkol sa kung ano ang iniisip nila, magsalita tungkol sa kung paano sila nagbabayad ng halaga, at magsalita tungkol sa kung gaano sila kawasto. Ayaw nilang maging isang taong nagpapasakop sa Diyos—na hindi nagbibigay-katwiran sa sarili nila, nagtatanggol sa sarili nila, o nagsasalita tungkol sa sarili nilang pangangatwiran. Ayaw nilang kumilos nang ganoon. Sa kasong iyon, ano ang trato nila sa nagpapasakop? Tinatrato nila ito bilang pagtitiis ng kawalang-dignidad. Ano ang iniisip nila sa loob? “Kailangan kong tiisin ang lahat ng kawalang-dignidad na ito para sang-ayunan ako ng Diyos at masabing nagpasakop na ako.” Talaga bang umiiral ang kahihiyang ito? Kung hindi talaga ito umiiral, bakit ipinaliliwanag pa rin nila ang mga bagay-bagay nang malinaw at tahasan para iwaksi itong “kahihiyan”? Hindi ito tunay na nagpapasakop. Kahit na ang intensyon sa paggawa mo ng mga bagay-bagay ay tama, gusto ng Diyos na pamatnugutan ang mga bagay-bagay sa ganitong paraan. Hindi mo kailangang ipagtanggol ang iyong sarili; hindi mo kailangang makipagtalo. Mas mahusay bang ginawa ni Job ang mga bagay-bagay kaysa sa iyo o hindi? (Mas mahusay niyang ginawa ang mga bagay-bagay.) Nang sinubok si Job, kung nakipagtalo siya at ipinagtanggol niya ang kanyang sarili, makikinig kaya ang Diyos? Hindi, hindi sana Siya nakinig. Ito ay isang katunayan. Alam ba ni Job na hindi nakikinig ang Diyos sa mga pagtatanggol sa sarili ng mga tao? Hindi alam ni Job, subalit hindi niya ipinagtanggol ang sarili niya. Ito ang tayog na mayroon siya; tunay siyang nagpasakop. Anong masamang bagay ang ginawa ni Job na dapat siyang tratuhin ng Diyos nang ganoon? Wala siyang ginawang anumang masama. Sinabi ng Diyos na may takot sa Kanya si Job at umiwas ito sa kasamaan, at na isang perpektong tao ito. Sa pagsasalita sa konteksto ng “kahihiyan,”

hindi dapat pinagdusa ng Diyos si Job ng mga kawalang-dignidad na iyon, at hindi Niya dapat ito ibinigay kay Satanas at hinayaan si Satanas na tuksuhin ito at alisan ito ng lahat ng ari-arian nito. Kung titingnan ito batay sa lohika ng mga tao na hindi nagpapasakop, nagdusa si Job ng paghihirap at nagdusa siya ng malaking kawalang-dignidad, at nang natanggap niya ang mga pagsubok na iyon nagtitiis siya ng kahihiyan at nagbubuhay ng mabigat na pasanin para magkamit ng mas malalaking pagpapala mula sa Diyos pagkatapos ng pangyayari. Tama ba ito sa katunayan? (Hindi.) Ganito ba nag-isip at nagsagawa si Job? (Hindi.) Paano siya nagsagawa? Paano niya hinarap ang mga pagsubok na ito? Hindi niya kinailangang magtiis, ni hindi niya inisip na nagdurusa siya ng kawalang-dignidad. Ano ang inisip niya? (Ang Diyos ang nagbigay at ang Diyos ang nag-alis.) Tama iyon. Nagmula sa Diyos ang mga tao. Pinagkalooban ka ng Diyos ng buhay at pinagkalooban ka Niya ng hininga. Ganap kang nagmula sa Diyos, kaya hindi ba't ang lahat ng bagay na natamo mo ay mga bagay na ipinagkaloob ng Diyos sa iyo? Ano ang maipagyayabang mo? Ang lahat ay ipinagkaloob ng Diyos, kaya kung gusto ng Diyos na bawiin ito, ano ang pangangatwiran mo? Kapag nagkakaloob Siya ng isang bagay sa iyo, masaya ka, kapag hindi Siya nagkakaloob ng isang bagay sa iyo, hindi ka masaya, nagrereklamo ka tungkol sa Diyos, nanghihingi nito mula sa Diyos, at nakikipaglaban ka sa Diyos. Kung magkakaloob man ang Diyos ng isang bagay sa iyo ay nasasa-Diyos; walang anumang bagay na mapangangatwiran ang mga tao. Ganito ba kumilos si Job? (Oo.) Ganito kumilos si Job. May pakiramdam ba ng kawalang-katarungan sa puso niya? (Wala.) Wala, wala niyon. Kung titingnan ito sa panlabas, may sapat na dahilan si Job para magpahayag laban sa kawalang-katarungan, gumawa ng mga rasyonalisasyon, ipagtanggol ang sarili niya, lumaban sa Diyos, at ipaliwanag ang lahat sa Diyos nang malinaw at tahasan. Siya ang pinakakarapat-dapat na gumawa ng mga bagay na ito, subalit ginawa niya ba ito? Hindi, hindi niya ginawa. Wala siyang sinabing anuman, gumawa lang siya ng ilang bagay: Pinunit niya ang kanyang balabal, inahitan ang kanyang ulo, at nagpatirapa sa lupa at sumamba. Anong uri ng tao ang nakita ng mga tao sa kanya dahil sa serye ng mga pagkilos na ito? Isang tao na may takot sa Diyos at umiwas sa kasamaan, at isang perpektong tao. Ano ang depinisyon ng isang perpektong tao? Isang tao na hindi nanghuhusga sa kung ano ang ginagawa ng Diyos, na sa halip ay pumupuri at nagpapasakop dito, at gaano man kalaking paghihirap ang pinagdurusahan niya ay hindi nagsasabi ng, "Nagdusa ako ng kawalang-katarungan. Ito ay isang kawalang-dignidad." Gaano man kalaki ang paghihirap na pinagdurusahan niya, hindi siya kailanman nagpapakita ng ganitong uri ng salita, o nagsasabi ng ganitong uri ng salita. Ano ang tawag dito? Tinatawag ito ng mga walang pananampalataya na "pagtalikod sa sarili." Nasaan ang lohika rito? Ganito ba ito? (Hindi.) Ang "pagtalikod sa sarili" ay isang sakit sa isipan at isang kalokohan. Gaano man kalaking usapin ang nakatagpo ni Job, o gaano man kasakit, hindi siya kailanman nakipagtalo sa Diyos o lumaban sa Kanya; nagpasakop lang siya. Ano ang una niyang dahilan sa pagpapasakop? Pagkatakot sa Diyos. Ang abilidad niya na magpasakop sa Diyos ay

nagmula sa pagkaunawa niya sa Diyos. Nanampalataya siyang nagmumula sa Diyos ang lahat, at na tama ang lahat ng ginagawa ng Diyos.

May ilang lider at superbisor ng pangkat na natatanggal na walang tigil na umiiyak, nagwawala sa galit, at nagiging emosyonal. Iniisip nilang nagdusa sila ng kawalang-katarungan, nagrereklamo na ang Diyos ay hindi matuwid, at iniisip nilang inagrabyado sila ng mga kapatid sa pamamagitan ng paglalantad at pag-uulat sa kanila, sinasabing, “Kayong mga tao ay walang konsensiya. Napakabuti ko sa inyo, at ganito ninyo ako sinusuklian! Hindi matuwid ang Diyos. Nagdusa ako ng gayong kalaking kawalang-katarungan, subalit hindi ako pinrotektahan ng Diyos; tinanggal na lang nila ako nang malupit. Mababa ang tingin ninyong lahat sa akin, at mababa rin ang tingin sa akin ng Diyos!” Iniisip nilang masyadong hindi naging makatarungan ang pagtrato sa kanila at nagwawala sila sa galit. Sabihin mo sa Akin, makapagpapasakop ba ang ganitong tao? Sa nakikita Ko, hindi ito madali. Kaya, hindi ba’t katapusan ito para sa kanila? Para saan ka nagwawala sa galit? Kung matatanggap mo ito, kung gayon ay tanggapin mo ito. Kung hindi mo kayang tanggapin ang katotohanan, at hindi mo kayang magpasakop sa katotohanan, kung gayon ay lumayas ka sa sambahayan ng Diyos! Huwag kang manampalataya sa Diyos—walang pumipilit sa iyo. Anong kawalang-katarungan ang nangyari sa iyo? Para saan ka nagwawala sa galit? Ito ay ang sambahayan ng Diyos. Kung kaya mo, magwala ka sa galit sa lipunan, at hanapin ang mga Satanas at ang mga haring diyablo para pagbuntunan mo ng galit. Huwag kang magwala sa galit sa sambahayan ng Diyos. Anong malaking bagay kung tinanggal ka bilang lider ng pangkat? Makapamumuhay ka pa rin kung hindi ka isang lider ng pangkat, hindi ba? Hindi ka mananampalataya sa Diyos kung hindi ka isang lider ng pangkat? Nagdusa si Job ng napakalaking paghihirap subalit ano ang sinabi niya? Hindi siya nagsabi ng isang salita ng pagrereklamo, at pinuri pa nga ang Diyos, sinasabing, “Purihin ang pangalan ni Jehova” (Job 1:21). Pinuri ba niya ang pangalan ni Jehova dahil nakatanggap siya ng masaganang gantimpala at mga kapakinabangan? Hindi. Ganoon lang ang pagkaunawa niya, at ganoon siya nagsagawa. Hindi ba’t may kinalaman din ito sa karakter ng isang tao? (Oo.) May ilang tao na may mababang karakter, at kapag bahagya silang nagawan ng pagkakamali, iniisip nilang masyadong hindi makatarungan ang naging pagtrato sa kanila, at na ang lahat ng tao ay dapat makonsensiya tungkol dito at humingi ng tawad sa kanila. Masyadong mapanggulo ang mga taong ito! Paano mo ipaliliwanag ang salitang “kawalang-dignidad”? Ang pagdursa ng kawalang-dignidad ay isang karaniwang pangyayari para sa mga walang pananampalataya, subalit sa sambahayan ng Diyos, may ibang paraan ng pagsasabi nito: Ang pagdursa ng paghihirap at kawalang-dignidad para makamit ang katotohanan ay paghihirap na dapat pagdusahan ng mga tao. Sila man ay pinungusan o natanggal, hindi ito iniisip ng mga taong nakauunawa sa katotohanan bilang isang kawalang-dignidad. Iniisip nilang karapat-dapat silang magdusa ng paghihirap, at na hindi makapagpapasakop dito ang mga tao dahil mayroon silang mga tiwaling disposisyon, subalit hindi iyon kawalang-dignidad. Sino ang tunay

na nagdurusa ng kawalang-dignidad? Ang Diyos ang nagdurusa ng kawalang-dignidad. Inililigtas ng Diyos ang sangkatauhan, subalit hindi nakauunawa ang mga tao. Tingnan mo, pagkatapos ilabas ng Diyos ang mga Israelita sa Ehipto, sumamba sila sa mga diyos-diyosan. Nang wala silang makain, nagreklamo sila tungkol sa Diyos, at kinailangan ng Diyos na magpadala ng manna at iba pang pagkain sa kanila. Pagkalipas ng may dalawang magagandang araw, hindi nila pinansin ang Diyos, subalit nang naharap sila sa mga paghihirap, muli nila Siyang hinanap. Hindi mo ba sasabihing nagdusa Siya ng malaking kawalang-dignidad? Hindi ba't nagdurusa ng malaking kawalang-dignidad ang nagkatawang-taong Diyos kapag tinatanggihan Siya ng kapanahunan? Ang mga tao ay walang halaga, at mga walang kakayahan. Nagtatamasa sila ng napakaraming biyayang ipinagkaloob ng Diyos, at nagtatamasa ng napakaraming katotohanang itinustos ng Diyos, subalit pakiramdam nila napakawalang-katarungan nito kapag nagdurusa sila ng kaunting nararapat na paghihirap. Anong kawalang-katarungan ang pinagdurusahan ng mga tao? May ilang tao na karaniwang medyo matatag, pero kapag nagdurusa sila ng kaunting paghihirap—kapag pinupungusan sila ng mga kapatid, o may isang tao na nagsasabi ng isang bagay na hindi maganda sa kanila, o walang sumusuporta sa kanila o nambobola sa kanila—pakiramdam nila ay naagrabyado sila, pakiramdam nila ay nagdusa sila ng malaking paghihirap, at naapi sila, at nagrereklamong, “Mababa ang tingin ninyong lahat sa akin, at walang pumapansin sa akin. Itinadhana akong tratuhin nang masama!” Para saan ka nagwawala sa galit? Anong silbi ng pagsasabi ng mga bagay na iyon? May alinman ba sa mga salitang iyon ang naaayon sa katotohanan? (Wala.) Kung gayon, ano ang katumbas nito—kahihyan ba ito? Wala kang kakayahang makita nang malinaw ang paghihirap na nararapat mong pagdusahan, at hindi mo tinatanggap ito. Nakinig ka na sa napakaraming sermon, subalit hindi mo nauunawaan kung paano dapat isagawa ng mga tao ang katotohanan, at kung paano sila dapat magpasakop. Hindi mo alam ang alinman dito, at iniisip mo pa ring nagdusa ka ng isang uri ng malaking kawalang-dignidad. Hindi ba't nawawala ka sa katwiran? Para sa mga taong tumatanggap sa pagliligtas ng Diyos, umiiral ba ang kawalang-dignidad na ito? (Hindi.) Kahit na minsan ay tiyak na hindi makatarungan kang tinatrato ng mga kapatid, paano mo dapat danasin ito? Halimbawa, may limampung dolyar na nakakalat kung saan, at pagkatapos mong madaanan ito, nawala ito, at naghihinala ang lahat na kinuha mo ito. Ano ang gagawin mo? Makararamdam ka ng pagkaagrabyado at pagkadismaya sa loob: “Kahit na mahirap ako, may paninindigan pa rin ako. May pagpapahalaga pa rin ako sa aking dignidad. Hindi ako kailanman kumuha ng anumang bagay na pag-aari ng iba. Ganap na malinis ang aking mga kamay. Palaging mababa ang tingin ninyo sa akin, at ako ang unang tao na pinaghihinalaan ninyo kapag may nangyayaring ganito. Hindi nilinaw ng Diyos ang mga bagay-bagay para sa akin. Mukhang hindi rin Niya ako gusto!” Nagwawala ka sa galit. Maituturing ba itong kahihyan? (Hindi.) Kaya, ano ang dapat mong gawin sa sitwasyong ito? Kung kinuha mo ito, aminin mo ito, at mangako ka na hindi ka na muling kukuha ng anuman. Kung hindi mo naman ito kinuha, sabihin mong,

“Hindi ko kinuha iyon. Pinagmamasdan ng Diyos ang kaibuturan ng puso ng mga tao. Sinuman ang kumuha ng pera ay alam ito, at alam din ito ng Diyos. Wala na akong sasabihin pang iba.” Hindi mo kailangang sabihin na, “Mababa ang tingin ninyo sa akin. Gusto ninyong lahat akong pagdiskitahan.” Anong silbing sabihin ang mga bagay na iyon? Mabuting bagay ba na sabihin ang maraming uri ng bagay na iyon? (Hindi.) Bakit hindi? Kung magsasabi ka ng maraming uri ng bagay na iyon, pinatutunayan nito ang isang katunayan: wala sa puso mo ang Diyos; hindi ka nananampalataya sa Diyos, at wala kang tunay na pananalig sa Diyos. Kapag sinasabi mo ang katotohanan ng usapin, alam ng Diyos. Pinagmamasdan Niya ang kaibuturan ng puso ng mga tao, at sinisiyasat Niya ang lahat ng sinasabi at ginagawa ng mga tao. Bahala na ang ibang tao kung paano nila ito gustong tingnan. Nananampalataya ka na alam ng Diyos ang lahat ng bagay na ito, at hindi ka na kailangang magsalita nang marami. Kailangan mo bang makaramdam ng pagkaagrabyado? Hindi, hindi mo kailangan. Mahalaga ba talaga ang usaping ito? Pakiramdam mo ay nagdusa ka ng kawalang-katarungan nang siniraan at hinusgahan ka dahil sa pananampalataya mo sa Diyos, subalit kaya mo bang pag-usapan ang tungkol dito nang malinaw? Sa pagtutok sa pagtatanggol sa iyong sarili laban sa kanila, inaantala mo ang mahahalagang bagay. Walang saysay ito, hindi ba? Ano ang silbi ng pakikipagtalo sa kanila? Hindi ito pagsasagawa ng katotohanan.

Nagdurusa ang mga tao ng labis na paghihirap sa proseso ng pagdanas ng pagliligtas ng Diyos. Kawalang-dignidad ba ang paghihirap na pinagdurusahan ng mga tao? (Hindi.) Tiyak na hindi ito ganoon. Bakit Ko sinasabi iyon? (Dahil may mga tiwaling disposisyon ang mga tao, dapat pagdusahan ng mga tao ang paghihirap na ito.) May mga tiwaling disposisyon ang mga tao—bahagi ito nito. Bukod pa rito, anumang aspekto ng katotohanan ang hindi mo nauunawaan, at anumang bahagi sa loob mo ang negatibo pa rin, maaari mo itong banggitin at makipagbahaginan tungkol dito. Hindi mo kailangang kimkimin ito sa loob mo. Ano ang layon ng pagbabahaginan? (Para lutasin ang mga problema.) Para hanapin ang katotohanan, magawang maunawaan ang katotohanan, at malutas ang mga problema na nasa loob. Hindi mo kailangang kimkimin ang mga ito sa loob mo. Hindi mo kailangang magdusa ng kawalang-dignidad. Hindi mo kailangang magtiis, nagsasabing, “Hindi ko nauunawaan, subalit inuudyukan pa rin akong magpasakop. Kailangan kong maunawaan bago ako magpasakop.” Kung hindi mo nauunawaan, maaari kang makipagbahaginan. Ang paghahanap sa katotohanan ang tamang landas. Hindi ito mali. Kapag ang ilang bagay ay pinagbahaginan at ipinaliwanag nang malinaw, malalaman ng mga tao kung ano ang dapat gawin. Dapat kang magkaroon ng saloobin ng paghahanap sa katotohanan, at lumutas ng mga problema sa pamamagitan ng paghahanap sa katotohanan. Kung hindi mo nauunawaan ang katotohanan at nagsasagawa ka lang ng pagpapasakop, sa huli hindi mo pa rin magagawang lutasin ang iyong mga problema. Samakatwid, kahit na hinihingi sa iyo na magpasakop, hindi hinihingi sa iyo na magpasakop sa paraang magulo ang isip at walang prinsipyo. Gayumpaman, may pinakapangunahing prinsipyo na napapaloob

sa pagpapasakop, na kapag hindi mo nauunawaan, dapat ka munang magpasakop, magkaroon ng mapagpasakop na puso, at ng mapagpasakop na saloobin. Ito ang pagkamakatwiran na dapat mayroon ang mga tao. Pagkatapos maisakatuparan ito, dahan-dahang maghanap. Sa paraang ito, maiiwasan mong masalungat ang disposisyon ng Diyos, at mapoprotektahan at makaaabot ka hanggang sa dulo ng daan. Lahat ba ng salitang ginagamit ng Diyos para ilantad, kondenahin, at maging hatulan at isumpa ang mga tao ay para ipahiya ang mga tao? (Hindi.) Kailangan ba ng mga tao ng matinding pasensiya para pagtiisan ang lahat ng ito? (Hindi.) Hindi, hindi nila kailangan. Sa kabaligtaran, kailangan ng mga tao ng matinding pananalig para tanggapin ang lahat ng ito. Sa pamamagitan lang ng pagtanggap dito, maaari mong tunay na maunawaan kung ano eksakto ang tiwaling kalikasan ni Satanas, kung ano eksakto ang tiwaling diwa ng mga tao, kung ano eksakto ang pinagmumulan ng antagonismo ng mga tao sa Diyos, at kung bakit hindi magkaayon ang mga tao sa Diyos. Dapat mong hanapin ang katotohanan sa mga salita ng Diyos bago mo magawang malutas ang mga problemang ito. Kung hindi mo tinatanggap ang katotohanan, at gaano man kalinaw isinasaad ng mga salita ng Diyos ang mga bagay-bagay, hindi mo ito tinatanggap, hindi mo kailanman malulutas ang mga problemang iyon. Kahit pa nauunawaan mo na “hindi tayo ipinahihya ng mga salita ng Diyos; inilalantad lang tayo ng mga ito, at para ito sa ating sariling kapakanan,” kinikilala mo lang ito sa diwa ng doktrina; hindi mo kailanman mauunawaan ang tunay na kahulugan ng lahat ng sinasabi ng Diyos, o kung ano ang epektong nilalayon nitong makamit. Hindi mo rin kailanman mauunawaan kung ano, eksakto, ang katotohanang sinasabi ng Diyos. Pagkatapos magbahaginan sa ganitong paraan, hindi ba nito nagagawa, kahit papaano, na bigyan ang mga tao ng maagap at positibong saloobin sa pagtanggap na mapungusan, sa pagtanggap na matanggal, at sa pagtanggap sa gawain, mga pagsasaayos, at kataas-taasang kapangyarihan na isinasagawa ng Diyos na hindi naaayon sa mga kuru-kuro ng mga tao? (Oo.) Sa pinakamababa, iisipin ng mga tao na ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay tama, na hindi nila ito dapat unawain sa negatibong paraan, at na ang saloobin na dapat muna nilang taglayin ay ang aktibong pagtanggap, pagpapasakop, at pagkatapos ay pakikipagtulungan dito. Ang lahat ng ginagawa ng Diyos sa mga tao ay hindi nangangailangan ng matinding pasensiya sa bahagi nila. Ibig sabihin, hindi mo kailangang tiisin ang lahat ng ito. Ano ang kailangan mong gawin? Ang kailangan mo ay tanggapin, hanapin, at magpasakop. Ang terminong “pagtitiis ng kahihyan” na ginagamit ng mga walang pananampalataya ay malinaw na mapang-abuso sa mga tao. Walang ginagawa ang Diyos na hinihingi sa iyong magtiis ng kahihyan. Maaari kang magsagawa ng pasensiya, pagmamahal, pagpapakumbaba, pati na rin ng pagpapasakop, pagtanggap, pagkamatapat, pagiging bukas, at paghahanap; ang mga bagay na ito ay medyo positibo. Kaya, ano ang lohika sa likod ng sinasabi ng mga walang pananampalataya? Ito ay satanikong pilosopiya, at mga satanikong kasinungalingan. Sa kabuuan, ang pagtitiis ng kahihyan ay hindi isang prinsipyong dapat sundin ninyong mga nananampalataya sa Diyos. Hindi ito ang katotohanan; ito ay isang satanikong bagay.

Ang pagtitiis ng kahihyan ay hindi ang hinihingi ng Diyos na gawin ng mga tao, dahil walang kahihyan ang umiiral dito. Ang lahat ng pagkilos ng Diyos sa mga tao ay pagmamahal, pagliligtas, pangangalaga sa kanila, at pagprotekta sa kanila. Ang mga bagay na sinasabi ng Diyos, at ang gawaing ginagawa Niya sa mga tao ay pawang positibo at pawang katotohanan. Wala ni isa sa mga ito ang katulad ng kay Satanas, at wala sa mga pamamaraan at diskarte ni Satanas. Sa pamamagitan lang ng pagtanggap sa mga salita ng Diyos madadalisa at maliligtas ang mga tao.

Sa anong mga paraan naipamamalas sa mga tao ang gawa ng “pagtitiis ng kahihyan” na sinasabi ni Satanas? Naipamamalas ito sa mga tao sa anyo ng pananakit, pang-aabuso, pamiminsala, at pagyurak. Sa kabuuan, nagdadala ito ng kalamidad sa iyo. Nagdusa ka man ng paghihirap o nagdusa ng kawalang-dignidad, sa madaling salita, ang nakakamit ng mga tao sa huli mula sa mga bagay kung saan sila ipinasasailalim ni Satanas ay tiyak na hindi ang katotohanan. Ano ang nakakamit ng mga tao? Sakit. Ang idinudulot ni Satanas sa mga tao ay hindi mabilang na anyo ng kahihyan at panlilibak, gayundin ang pang-aabuso at katiwalian. Kaya ano ang naisasakatuparan nito sa mga tao at naipadarama nito sa kanila? Inuudyukan nito ang mga tao na tiisin ang mga karaingan at gumawa ng mga pakikibagay para protektahan ang sarili nila, at binabaluktot pa nito ang kalooban nila. Natututo ang mga tao na gumamit ng lahat ng uri ng mga taktika at pamamaraan para mapangasiwaan at maharap ang lahat ng ito, at natututong manlangis ng mga tao, magpanggap, at magsinungaling. Kapag nagbubunyag at nagpapamalas ang mga tao ng lahat ng bagay na ito, ang puso ba nila ay kusang-loob, masaya, at payapa, o galit at nasasaktan? (Galit at nasasaktan.) Nadaragdagan ba o nababawasan ang galit sa puso ng mga tao kapag mas nagtitiis sila ng kahihyan sa mundong ito? (Nadaragdagan.) Kung gayon, tinitingnan ba ng mga tao ang sangkatauhan sa isang lalong mapanlaban na paraan, o sa isang lalong mapagmahal na paraan? (Mapanlaban.) Tinitingnan ng mga tao ang sangkatauhan sa isang lalong mapanlaban na paraan at kinamumuhian ang lahat ng taong nakikita nila. Kapag bata pa lang ang mga tao at kapapasok pa lang sa lipunan, nakikita nila ang lahat bilang kahanga-hanga, at partikular na madaling nagtitiwala sa mga tao. Kapag umabot na sila sa edad na trenta, hindi na sila masyadong nagtitiwala sa iba. Pagtuntong nila sa edad na kuwarenta, wala silang tiwala sa karamihan ng tao, at kapag nasa edad singkuwenta na sila, puno ng pagkamuhi ang puso nila at may tendensiya silang balikan at saktan ang iba. Bago sila mapuno ng pagkamuhi, ano ang tinititiis ng mga tao? Ito ay pawang kawalang-dignidad at pasakit. Kapag wala kang kakayahan at kapangyarihan na mayroon ang iba, kapag sinasabi ng iba na ganito o ganyan ka, dapat mabilis kang tumango bilang pagpapasakop, at kapag nilait ka nila, dapat kang makinig. Wala kang magagawa, subalit ano ang iniisip mo sa loob-loob? “Balang araw kapag nagkaroon ako ng kapangyarihan, papatayin kita gamit ang sarili kong mga kamay at lilipulin ko ang tatlong henerasyon ng iyong lahi!” Ang pagkamuhi sa iyong puso ay tumitindi nang tumitindi. Ito ang kahihinatnang idinudulot ng pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin sa tiwaling

sangkatauhan. Iniisip ng mga tao na ang pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin, na pinupuri at itinataguyod ng lipunan, ay isang positibong bagay, at na ito ay isang uri ng mentalidad at paraan ng pag-iisip na nagbibigay-kakayahan sa mga tao na magtrabaho nang husto at magsikap na maging mas malakas. Kaya, bakit sa huli ay nagdudulot ito ng galit at pagkamuhi sa mga tao? (Dahil hindi ito ang katotohanan.) Tama iyon. Idinudulot nito ang masamang kahihinatnan ng ito dahil hindi ito ang katotohanan. Ano ang nagiging sanhi ng mga henerasyon ng sama ng loob at mga ganting-pagpatay sa lipunan at sa mga gang? (Pagkatapos magdusa ng kawalang-dignidad ang mga tao, tumitindi ang pagkamuhi sa kanilang puso at pumapatay sila bilang ganti.) Tama iyon, ganyan nagsisimula ang pagpatay bilang ganti. Salinlahi sa salinlahi, brutal na nagpapatayan ang mga tao hanggang sa malipol ng sakuna ang sangkatauhan. Ito ang kinahihinatnan. Namuhay ang sangkatauhan ayon sa mga pilosopiya at lohika ni Satanas at unti-unting nagbago hanggang sa kasalukuyang panahon sa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas. Ang ugnayan sa pagitan ng mga tao ay lalong nagiging baluktot, lalong lumalayo, lalong nawawalan ng tiwala, at lalong nanlalamig. Anong punto na ang narating nito ngayon? Umabot na ito sa punto na ang puso ng dalawang taong walang kinalaman sa isa't isa ay puno ng pagkamuhi at pagkamapanlaban sa isa't isa. Dati, ang magkakapitbahay ay madalas na nakakapag-usap at madalas na nakikipag-ugnayan sa isa't isa, subalit ngayon, maaaring lima o anim na araw nang patay ang isang tao at hindi ito malalaman ng kapitbahay niya; walang sinuman ang titingin sa kanya. Paanong umabot ang mga bagay-bagay sa puntong ito? Umabot ito sa puntong ito dahil sa pagkamuhing ito sa isa't isa. Ayaw mong maging mapanlaban sa iyo ang iba, gayong sa parehong pagkakataon, mapanlaban ka rin sa iba—isa itong malupit na siklo. Ito ay isang masamang kahihinatnan at sakunang idinulot ng mga batas ni Satanas sa sangkatauhan. Ang mga pananaw at impresyon ng mga tao sa puso nila sa iba ay lalong nagiging hindi kanais-nais, kaya't nagiging mas mahusay sila sa pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin, at ang galit at pagkamuhi sa puso nila ay tumitindi, hanggang sa huli ay sasabihin nilang, “Mas mabuti pa kung patay na silang lahat at wala ni isa ang nabubuhay!” Hindi ba't ang puso ng lahat ay puno ng ganitong uri ng pagkamuhi? Ninanais nilang mawasak ang mundong ito sa lalong madaling panahon: “Sagad sa buto ang kasamaan ng lahat ng tao. Nararapat silang malipol!” Sinasabi mong sagad sa buto ang kasamaan ng ibang tao, subalit paano naman ang sarili mo? Maaari kayang tunay ka nang nagbago? Na nakamit mo na ang kaligtasan? Kasabay ng pagkamuhi sa iba dahil sa pagiging sagad sa buto ng kasamaan nila, dapat maging mas mabuti ka kaysa sa kanila. Kung kasing-sama ka ng mga tao sa mundo, wala kang katwiran. Kapag nakikita ng isang taong may katwiran na sagad sa buto ang kasamaan ng sangkatauhan, dapat niyang hangarin ang katotohanan at isabuhay ang wangis ng tao para bigyang-kasiyahan ang Diyos—ito ang nararapat. Sa ganitong paraan, kapag nilipol ng Diyos ang buktot na sangkatauhang ito, maliligtas siya.

Namumuhi ba kayo sa buktot na sangkatauhan ito? (Oo.) Karamihan ng tao na nananampalataya sa Diyos ay may kaunting pagkatao at katwiran; mas mabait ang puso nila, nananabik sila para sa liwanag, at nananabik sila na maghari ang Diyos at ang katotohanan. Ayaw nila ng mga buktot na bagay, at ayaw ng mga bagay na hindi patas. Puno sila dapat ng pag-asa, pagmamahal, at pagpaparaya sa sangkatauhan, kaya't paano nila magagawang kamuhian ang sangkatauhan? Sinasabi ng ilang tao, "Naaalala ko noong nasa eskuwela ako, pinagdiskitahan ako ng guro subalit hindi ako nangahas na magsalita tungkol dito; kinailangan ko lang tiisin ito. Kaya nagpasya akong mag-aral nang mabuti at pumasok sa unibersidad sa hinaharap. Ipakikita ko sa inyong lahat kung sino ako, at pagkatapos ay ako ang magdidiskita sa inyo!" Sinasabi ng ilang tao, "Naaalala ko nang nagtatrabaho ako, palagi akong pinagdidiskitahan ng mga bigating tao sa kompanya, at naisip ko, 'Maghintay lang kayo hanggang sa araw na mahihigitan ko kayo ng aking mga tagumpay. Pagkatapos ay gagawin kong miserable ang buhay ninyo!'" May iba na nagsasabing, "Naaalala ko nang nagnenegosyo ako, palagi akong ginagantso ng tagapamahala ng mga vendor, at naisip ko, 'Pagdating ng araw na magkakamal ako ng malaking yaman, gagantihan kita!'" Walang kanino mang buhay ang madali, at ang lahat ay may mga panahong pinagdiskitahan sila—may mga tao silang kinamumuhian sa loob-loob at gusto nilang maghiganti sa mga ito. Ganito na ang nangyari sa mundo; puno ito ng pagkamuhi at puno ng pagkamapanlaban. Ang pagkamapanlaban ng mga tao sa isa't isa ay labis-labis, at hindi nila kayang magkasundo at hindi sila magkaayos. Malapit nang magwakas ang mundong ito, naabot na nito ang dulo nito. Ang lahat ng tao ay may mga kuwentong nakadudurog ng puso sa loob nila noong pinagdiskitahan sila ng isang tao, sa isang lugar, o noong pinagdiskitahan sila, minaliit, niloko, o sinaktan ng iba sa isang kompanya, organisasyon, o grupo ng mga tao. Nangyayari ang mga bagay na ito kahit saan. Ano ang pinatutunayan nito? Pinatutunayan nito na ang sangkatauhan ay wala nang mga taong katulad ni Noe sa kanila. Hindi ba't iyon ang kaso? (Oo.) Ang puso ng lahat ng tao ay puno ng kabuktutan, at puno ng pagkamapanlaban sa katotohanan, sa mga positibong bagay, at sa katarungan. Hindi na maililigtas pa ang mga tao. Walang tao, walang katuruan, at walang teorya na makapagliligtas sa sangkatauhan—ito ang katunayan ng usapin. Umaasa pa rin ang ilang tao: "Kailan magkakaroon ng digmaang pandaigdig? Pagkatapos ng digmaan, ang lahat ng karapat-dapat mamatay ay mamamatay, at ang mga taong maiiwan ay makapagsisimulang muli. Magsisimula ang isang bagong kapanahunan, at itatag ang isang bagong bansa." Posible ba ito? Hindi, hindi ito posible. May ilang tao na umaasa sa lahat ng uri ng magkakaibang relihiyon, subalit palubog na ang araw sa bawat relihiyon at papawala na ang mga ito. Ang bawat relihiyon ay bulok hanggang sa kaibuturan at may napakasamang reputasyon. Ano ang ibig sabihin Ko sa mga salitang ito? Ang mga ito ay para maipaunawa sa mga tao ang isang katunayan: Kung hindi gumamit ang Diyos ng mga salita at ng katotohanan para iligtas ang sangkatauhan, ang pagkamuhi at ang malupit na disposisyon sa kaibuturan ng mga tao ay lalala lamang nang lalala, at lalong

magiging laganap. Sa huli, ang tanging posibilidad para sa sangkatauhan ay ang mauwi sila sa pagwasak sa sarili mula sa brutal na pagpatay ng mga tao sa isa't isa. Sa kasalukuyang panahon, gustong iwasan ng maraming tao ang buktot na sangkatauhang ito at mamuhay nang mag-isa sa pusod ng mga kabundukan at kagubatan, o sa isang lugar na walang bahid ng buhay ng tao. Ano ang resulta nito? Hindi na magpapakarami ang sangkatauhan at wala nang magiging susunod na henerasyon. Maglalaho na ang sangkatauhan pagkatapos ng kasalukuyang henerasyon—wala nang magiging mga inapo. Ang paglaban ng sangkatauhan sa Diyos ay masyadong malala, na pumukaw sa galit Niya sa simula pa lang. Hindi magtatagal ay matatapos sila. Bakit napakaraming tao ang hindi nagpapakasal? Dahil takot silang maloko, hindi sila naniniwalang may mabubuti pang tao, at puno sila ng pagkamapanlaban sa kasal. Sino ang dapat sisihin dito? Isisi ito sa mga tao na masyadong naging tiwali, isisi ito kay Satanas at sa mga demonyo, at isisi ito sa mga tao na kusang-loob na tumatanggap sa katiwalian. Namumuhi ka sa iba, subalit mas mabuti ka ba talaga kaysa sa kanila? Wala sa iyo ang katotohanan, at walang silbi ang mamuhi sa iba. Kung wala sa mga tao ang katotohanan at hindi nila nauunawaan ang katotohanan, sa huli ay aabot sila sa puntong wala na silang mapatutunguhan at mahuhulog sa sakuna at mawawasak. Ito ang katapusang makatatagpo nila. Kung hindi ililigtas ng Diyos ang sangkatauhan, walang tao sa tiwaling sangkatauhan ang makauunawa sa katotohanan.

Ano eksakto ang “kahihyan”? Kailangan bang tiisin ng mga mananampalataya ang kahihyan? Umiiral ba ang “kahihyang” ito? (Hindi, hindi ito umiiral.) Hindi ito umiiral, kaya hindi ba nalutas ang isyung ito? Sa susunod na marinig mong sabihin ng isang tao na, “Ang unang bagay na dapat mong matutunan bilang isang mananampalataya ay ang magtiis. Anuman ang mangyari, dapat mong tiisin ito at pigilin ito sa loob.” Dapat bang may sabihin ka sa kanila kapag naririnig mo silang sinasabi ang mga salitang ito? (Oo.) Ano ang dapat mong sabihin? Sabihin mong: “Para saan ka nagtitiis? Kung tunay kang nagtitiis ng kawalang-dignidad, talagang kahabag-habag ka, at ipinakikita nitong hindi mo nauunawaan ang katotohanan. Kung naunawaan mo ang katotohanan, hindi iiral ang kawalang-dignidad na ito, at kusang-loob at masaya mong tatanggapin ang lahat ng sitwasyong pinamamatnugutan ng Diyos para sa iyo. Ito ang paghihirap na dapat pagdusahan ng mga tao, hindi kung anong kawalang-dignidad. Ito ang pagtataas sa iyo ng Diyos. Ang katunayang maaari nating pagdusahan ang paghihirap na ito ay nagpapatunay na pinagkakalooban pa rin tayo ng Diyos ng pagkakataon at ginagawa tayong kayang mailigtas. Kung hindi man lang tayo nagkaroon ng pagkakataon na magdusa ng paghihirap o hindi karapat-dapat para dito, wala tayong pagkakataong maligtas. Hindi ito kawalang-dignidad; dapat maging malinaw ito sa iyo, at tingnan kung talagang tama ang sinasabi mo. Hindi umiiral ang kawalang-dignidad na ito—tayo ay mga tiwaling tao at karapat-dapat na magdusa ng paghihirap na ito. Kapag may sakit ka, ang pag-inom ng gamot at pagpapaopera ay kinapapalooban ng pagdurusa ng kaunting paghihirap. Maituturing ba na kawalang-dignidad ang paghihirap na pinagdurusahan mo

para gamutin ang iyong karamdaman? Hindi iyon kawalang-dignidad; ginagawa ito para pagalingin ka. Ang pananampalataya natin sa Diyos at ang karanasan natin sa paghatol at pagkastigo ay para maiwaksi natin ang ating mga tiwaling disposisyon, at isabuhay ang wangis ng tao, mamuhay nang naaayon sa mga hinihingi ng Diyos, magpasakop sa Diyos, sambahin ang Diyos, at para mabuhay nang mas maayos at mabuhay nang may higit na dignidad. Karapat-dapat tayong magdusa ng paghihirap na ito dahil sa ating mga tiwaling disposisyon. Ang pagdurusa ng paghihirap na ito ay para sa kapakanan ng pagkamit ng katotohanan at buhay. Hindi natin ito maaaring bigyang-kahulugan bilang kawalang-dignidad. Dapat nating tanggapin ito bilang ating responsabilidad at obligasyong tutuparin, at bilang ang landas na dapat nating tahakin. Ito ang pagtataas ng Diyos, at dapat nating purihin ang Diyos sa pagtataas sa atin, at purihin Siya para sa pagkakataong ipinagkakaloob Niya sa atin. Batay sa lahat ng ating nagawa at kung paano tayo kumilos, hindi tayo karapat-dapat na magdusa ng paghihirap na ito, at dapat tayong lipulin tulad ng mga tao sa mundo. Kung tinatrato natin ang paghihirap na dapat nating pagdusahan at ang lahat ng biyayang ito na ipinagkaloob sa atin ng Diyos bilang kawalang-dignidad, seryoso na wala tayong konsensiya at sinasaktan natin ang puso ng Diyos! Hindi tayo karapat-dapat sa pagliligtas ng Diyos.” Hindi ba’t ito ang kaso? (Oo.) Ang kaunting doktrinang ito ay napakasimple. Hindi ba’t dapat magawa itong maunawaan ng isang tao kahit hindi ito sabihin? Sa pagiging naliwanagan sa ganitong paraan at sa pag-unawa sa mga bagay na ito, magiging mas panatag ang puso ng mga tao, at hindi sila kikilos nang hindi makatwiran kapag nangyayari sa kanila ang mga bagay-bagay. Alam ng ilang tao nang malinaw sa puso nila na ito ang katotohanan at na dapat nilang tanggapin ito, subalit kapag nagsasalita sila, sinasabi pa rin nilang talagang hindi ito makatarungan, nagsasalita nang nagsasalita hanggang sa lumabas ang mga salita ng paghatol laban sa Diyos. Huwag kayong gumawa ng ganitong mga bagay. Sa tuwing may nangyayari sa inyo, hanapin ninyo ang katotohanan. Ito ang unang mahalagang bagay; huwag ninyo ito kailanman kaligtaan. Kung kinikilala mo na ang Diyos ang katotohanan, ang daan, at ang buhay, hindi mo dapat tratuhin ang anumang sitwasyon na inihahanda ng Diyos bilang gawain ng tao. Sa halip, dapat mong tratuhin ang bawat sitwasyong inihahanda ng Diyos bilang isang pagkakataon para baguhin ang iyong disposisyon at isang pagkakataon para tanggapin ang katotohanan.

Tapos na Akong magbahagi tungkol sa kahulugan ng “kahihyan.” Sunod, magbabahagi Ako tungkol sa susunod na bahagi, na kung ano ang ibig sabihin ng “magbuhat ng mabigat na pasanin.” Ngayon-ngayon lang ay pinag-usapan natin ang tungkol sa kung paanong ang mabigat na pasanin na dinadala ng mga tao ay isang pagnanais at isang matinding ambisyon sa kaibuturan ng kanilang puso, isang layon na inaasahan nilang makamit. Pagdating sa mga mananampalataya ng Diyos na iniligtas ng Diyos at tumatanggap sa pamumuno ng Diyos, kailangan ba nilang tiisin ang kahihyan at buhatin ang mabigat na pasanin? Ngayon-ngayon lang, sinabi Ko na ang pariralang “pagtitiis ng kahihyan” ay hindi makatwiran sa sambahayan ng Diyos. Hindi mo kailangang magtiis ng kahihyan;

hindi mo kailangang maramdaman na nagpapasan ka ng labis-labis na paghihirap; hindi kailangang maramdaman ng puso mo na hindi ka patas na tinatrato; at hindi mo kailangang tiisin ang lahat ng kawalang-dignidad na ito para bigyang-kasiyahan ang Diyos, na para bang napakarangal mo. Hindi mo kailangang gawin ang mga bagay na ito. Kaya, ano ang ibig sabihin ng pagbubuhay ng isang mabigat na pasanin? Kung sasabihin ng isang tao na pinagdurusang Diyos ang mga tao ng lahat ng paghihirap na ito para magawa nilang akuin ang mas malalaking responsabilidad at mga misyon, at makatanggap ng mas malalaking pagpapala at ng isang mas magandang destinasyon, magiging wasto at makatwiran ba ang pahayag na iyon? (Hindi, hindi ito wasto.) Hindi ito wasto. Kung gayon, paano natin ito dapat ilarawan? Pinahihintulutan ng Diyos ang mga tao na maligtas at magkamit ng pagkatakot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan, at pinabubuhay sila nang mas mabuti. Ginagawa ba ito ng Diyos para sa kapakanan ng mga tao o para sa sarili Niyang kapakanan, sa eksakto? (Para sa kapakanan ng mga tao.) Siyempre para ito sa kapakanan ng mga tao. Ang mga tao ang pinakamalaking benepisyaryo. Kaya nga sinasabi Ko na wala itong kinalaman sa kung ano ang nakukuha ng Diyos dito, lalong hindi kung gaano kalaki ang mga pagpapala na maaaring matanggap ng mga tao sa pagdurusang paghihirap na ito. Hindi mo kailangang magtiis, at hindi mo kailangang magkaroon ng ganitong mga uri ng “mga dakilang ambisyon,” ni hindi mo kailangang talikuran ang mga bagay sa ganitong paraan. Ang totoo, wala kang tinalikurang anuman, ni wala kang itinapong anuman. Sa kabaligtaran, ang mga tao ang nakakuha sa huli ng pinakamarami. Sa isang banda, naunawaan ng mga tao ang lahat ng iba’t ibang pamantayan sa kanilang pag-asal. Dagdag pa rito, nakasusunod ang mga tao sa buong kaayusang ito at sa lahat ng batas na ito na itinakda ng Diyos, at nakapamumuhay sa maayos na paraan. Paano maikukumpara ang paraan ng pamumuhay na ito sa paraan ng pamumuhay ng mga tao sa kasalukuyan? (Mas mabuti ito.) Mas mabuti ito kaysa sa kung paano namumuhay ang mga tao sa kasalukuyan. Kung gayon, sa dalawang paraan ng pamumuhay na ito, alin ang higit na pinagpala, ang mas katulad ng sa isang tunay na nilikha, at higit pa, ang buhay na dapat taglayin ng sangkatauhan? (Ang nauna.) Siyempre ito ay ang nauna. Pagkatapos pagdusahan ang paghihirap na ito, nauunawaan mo ang mga layunin ng Diyos, at kasabay nito ay nauunawaan mo ang maraming katotohanan, at taglay ang pagkaunawa sa katotohanan bilang pundasyon, natututunan mo kung paano umasal, at may katotohanan na kumikilos bilang buhay sa loob ng iyong pagkatao. Binibigyan ka ba nito ng kahalagahan? Walang anumang katotohanan sa simula ang mga tao. Sila ay mga walang kuwentang sawing-palad lang na mas mababa pa kaysa sa mga langgam at hindi karapat-dapat mabuhay, subalit ngayon ay nauunawaan mo na ang katotohanan, at nagsasalita at kumikilos ka ayon sa katotohanan. Anuman ang ipinagagawa sa iyo ng Diyos, nagagawa mong makinig, at isakatuparan ito nang ganap na ayon sa tagubilin, at anuman ang mga pagsasaayos na ginagawa ng Diyos para sa iyo, nagagawa mong magpasakop sa mga ito. Kaya, huhusgahan mo pa rin ba ang Diyos? Sasadyain mo pa rin bang maghimagsik

laban sa Kanya? Kung susulsulan ka ng isang tao na maghimagsik laban sa Diyos, gagawin mo ba ito? (Hindi.) Kung may isang tao na gagawa ng mga kasinungalingan tungkol sa Diyos para ilihis ka, paniniwalaan mo ba ito? (Hindi.) Hindi, hindi ka maniniwala. Kaya hindi ka maghihimagsik laban sa Diyos, sa subhetibo o obhetibong paraan man. Ang ganitong mga tao ay ganap na namumuhay sa ilalim ng kapamahalaan ng Diyos. Kung gayon, kailangan pa ba ng mga taong tulad nito na tiisin ang pasakit ng mga tao sa kasalukuyan? May pagkamuhi pa rin ba at pasakit sa puso nila? May malulungkot at masasakit na bagay ba sa puso nila? (Wala.) Wala roon ang pasakit na ito. Sa lahat ng ginagawa nila, ang mga taong tulad nito ay maprinsipyo at hindi pabara-bara. Gayundin, kapag nangyayari ang mga bagay-bagay, ang Diyos ang may kataas-taasang awtoridad, at hindi ka maaaring saktan ni Satanas; nabubuhay ka bilang isang tunay na tao. Lilipulin ba ng Diyos ang mga taong tulad nito? Lilipulin ba ng mga taong tulad nito ang sarili nila? (Hindi.) Hindi, hindi nila gagawin. Ganap na ibang uri sila ng mga tao kumpara sa mga tiwaling tao sa kasalukuyan. Ang puso ng mga tao sa kasalukuyan ay puno ng pagkamuhi at pasakit. May kakayahan silang magpakamatay sa anumang oras o lugar, makipag-away at pumatay ng mga tao sa anumang oras o lugar, at gumawa ng masasamang bagay sa anumang oras o lugar, na nagdadala ng sakuna sa mundo ng mga tao. Samantala, ang mga tao na iniligtas ng Diyos at na nagkamit ng katotohanan bilang buhay ay kayang magkakasamang mabuhay nang mapayapa nang walang labanan o pagkamuhi. Nagagawa nilang magpasakop sa mga pagsasaayos ng Diyos, at nagpapasakop nang may nagkakaisang puso at pagsisikap sa bawat salitang sinasabi ng Diyos. Ang mga taong ito ay nabubuhay lahat sa salita ng Diyos, at nagsisikap sa parehong direksiyon. Para sa kapakanang maisakatuparan ang kalooban ng Diyos—na nauunawaan mo ang katotohanan, nauunawaan niya ang katotohanan, at nauunawaan nila ang katotohanan—maaari pa rin ba silang magkaroon ng magkakaibang pananaw kapag magkakasama sila? (Hindi.) Sa ganitong paraan, makararating sila sa punto kung saan ang lahat ay nabubuhay sa presensiya ng Diyos, namumuhay sa Kanyang salita, namumuhay ayon sa katotohanan, at kung saan ang puso ng mga tao ay magkakaayon. Sa ganitong paraan, maaari pa rin bang magkaroon ng patayan at labanan sa pagitan ng mga tao? (Hindi na.) Hindi na. Kailangan pa ba ng mga taong magtiis ng pasakit? Walang pasakit. Ang mga taong tulad nito ay namumuhay ng pinagpalang buhay na walang labanan o patayan. Kung gayon, paano dapat pangasiwaan ng mga tao ang lahat ng bagay na ipinagkatiwala sa kanila ng Diyos? (Dapat magkakasama silang mabuhay nang mapayapa.) Bahagi nito ay na dapat magkakasama silang mabuhay nang mapayapa. Ang isa pang bahagi ay na dapat nilang pangasiwaan ang bawat bagay alinsunod sa kaayusan at mga batas na itinakda ng Diyos. Na ibig sabihin ay na ang buong kaayusang ito at lahat ng batas na ito at mga nabubuhay na bagay ay pag-aari ng sangkatauhan, na ginagamit ng sangkatauhan, at lumilikha ng mga benepisyo para sa sangkatauhan. Napakaganda ng ganitong uri ng sangkatauhan! Sa panahong iyon, ang kapaligirang pinamumuhayan ng sangkatauhan ay ibinigay sa mga tao para

pangasiwaan. Nagtatakda ang Diyos ng kaayusan at mga batas para sa mundong ito para sa kapakanan ng mga tao, at pagkatapos ay hindi makikialam ang Diyos dito. Kung isang araw ay makakita ka ng isang lobo na kumakain ng kuneho, ano ang gagawin mo? Dapat hayaan mong kainin ito ng lobo. Hindi mo mapipigilan ang isang lobo na kumain ng mga kuneho at pakainin ito ng damo. Anong pagkakamali ang magagawa mo? (Paglabag sa natural na kaayusan ng mga bagay-bagay.) Lalabag ka sa natural na kaayusan ng mga bagay-bagay. Kumakain ng damo ang mga kuneho at kumakain ng karne ang mga lobo, kaya't dapat mong igalang ang likas na katangian ng mga ito at hayaan ang mga itong malayang umunlad. Hindi kinakailangang panghimasukan ang mga gawain at pamumuhay ng mga ito sa isang artipisyal at karagdagang paraan. Hindi mo kailangang pangasiwaan ang mga bagay na ito; itinakda na ng Diyos ang mga bagay na ito sa paraang nararapat. Kung may ilang lugar na nakatatanggap ng maraming ulan at hindi angkop ang klima, dapat mag-migrate ang mga hayop. Sinasabi mong, "Kailangan nating ayusin ang lugar na ito. Paanong palaging umuulan nang marami rito? Malamang na sobrang nakapapagod para sa mga hayop ang palaging mag-migrate!" Hindi ba't kahangalan muli ito? (Oo.) Paano ito naging kahangalan? Hindi ba't itinakda ng Diyos ang klimang ito? (Oo.) Ang Diyos ang nagtakda ng klimang ito at hinayaan Niya ang mga hayop na ito na manirahan sa lugar na ito. Hindi ba't itinakda ng Diyos ang pag-migrate ng mga ito? (Oo.) Kung gayon, bakit mo gustong humadlang? Bakit bulag mong isinasakatuparan ang mabubuting layunin? Ano ang mabuti sa pag-migrate? Kapag ang isang malaking grupo ng mga hayop ay nanatili sa isang lugar sa loob ng kalahating taon, nakakain ang lahat ng damo. Kung hindi umulan at ayaw umalis ng mga ito, ano ang mangyayari? Kakailanganing umulan sa lahat ng oras. Kapag basa ang lupa, hindi sila makapananatili roon at mabababad ang damo sa tubig-ulan, kaya dapat umalis ang mga ito. Ang pag-migrate na ito ay nagpapalakas sa katawan ng mga ito at nagbibigay ng pagkakataon sa mga damo para tumubong muli. Kapag nakain na ng mga ito ang karamihan ng damo sa ibang lugar, magiging oras na ito para mag-niyebe roon at muling mapapalayas ang mga ito, wika nga, at dapat mabilis na mag-migrate. Muling bumabalik ang mga ito sa orihinal na lugar ng mga ito. Hindi umuulan, tumubo na ang damo, at maaari na itong muling kainin ng mga ito. Sa ganitong paraan, patuloy na napananatili ng ecosystem na ito ang balanse sa natural na paraan. Sinasabi ng ilang tao na, "Ang mga wildebeest ay palaging kinakain ng mga leon—mga kaawa-awang nilalang ang mga iyon! Hindi ba natin kayang gawing mas matalino ang mga wildebeest?" Bakit bulag mong isinasakatuparan ang mabubuting layunin? Sinusubukan mo bang ipakita na mabait ka? Sumusobra ang iyong kabutihan. Kung tuso ang mga wildebeest, magugutom ang mga leon. Maaatim mo bang makitang nagugutom ang mga leon? May ibang tao na nagsasabing, "Masama ang mga leon. Kinakagat ng mga ito ang mga usa at zebra. Napakamadugo at malupit nito!" Kung nilipol mo ang mga leon, magkakaroon ng masyadong maraming zebra at usa. Ano ang magiging huling resulta? Makakain ang lahat ng damo, at magiging disyerto ang mga damuhan. Makakaya mo

ba iyon? Isasakatuparan mo pa rin ba ang mabubuting layuning ito? Kaya, ano ang dapat mong gawin? Hayaan mong umunlad ang mga ito nang malaya. Ganito ito sa mga hayop. Itinakda ng Diyos ang buong kaayusang ito noong unang panahon, at dapat mong tanggapin ito sa gusto mo man o hindi; dapat magpatuloy ang lahat ayon sa itinakda. Kung sasalungat ka sa natural na kaayusan, hindi mapananatili ang buhay. Kapag naunawaan mo na ang lahat ng batas na ito, igagalang mo ang mga batas, at titingnan mo ang mga bagay na ito ayon sa mga kautusan. Pagkatapos ay makikita mo ang karunungan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay. Bukod pa rito, ang lahat ng mga batas na ito ay likas sa buhay. Paano ito nangyari? (Itinadhana ito ng Diyos.) Itinadhana ito ng Diyos. Ganito ito isinaayos ng Diyos. Ang mga tao ay nagsasaliksik ng siyensiya, nagsasaliksik ng biyolohiya, nagsasaliksik ng lahat ng uri ng mga larangan ng pag-aaral. Nagsagawa sila ng napakaraming taon ng pananaliksik, subalit nauunawaan lang ang simpleng doktrina at kaayusan; walang nakakikita sa kataas-taasang kapangyarihan o karunungan ng Diyos sa doktrina at penomenang ito. Bakit naging sobrang masalimuot at kamangha-mangha ang buong ecosystem at food chain na ito? Nililinaw lang ng mga tao ang isang penomena o nagpapahayag ng isang katunayan sa mga tao sa mundong ito, subalit walang sinuman ang makapagbubuod o makakikita nang malinaw na ang lahat ng ito ay nagmula sa Diyos—hindi ito kusang nangyari. Kung sasang-ayunan natin ang kasabihan na nangyayari ito nang kusa, bakit wala kailanmang nakakita sa isang unggoy na naging tao sa lahat ng taong ito? Ang lahat ng batas na ito ay itinakda ng Diyos. May kinalaman ba ang mga ito sa mga unggoy na nagiging tao? (Wala.) Walang gayong bagay. Itinakda ng Diyos ang lahat ng batas na ito at ang buong kaayusang ito. Kung sapat na mapalad ang mga tao para manatili, sa panahong iyon ay hindi lang nila igagalang, pananatilihin at pangangasiwaan ang buong kaayusan na ito at ang lahat ng batas na ito, higit sa lahat, sila rin ang magiging pinakamalaking benepisyaryo ng buong kaayusang ito at ng lahat ng batas na ito. Inihanda ng Diyos ang lahat ng ito para sa sangkatauhan, at itinakda ito para sa mga tao—handa na ang lahat ng bagay para tamasahin ng mga tao. Sa lahat ng bagay, ang mga nilikha na mga tao ang pinakapinagpala. Ang mga tao ay may lengguwahe, pag-iisip, kayang marinig ang tinig ng Diyos, kayang maunawaan ang mga salita ng Diyos, may lengguwaheng ginagamit para makausap ang Diyos, at ang pinakadalubhasa sa pag-unawa sa mga salita ng Diyos. Ang pinakamalaking pagpapala sa kanila ay na pinagkalooban sila ng Diyos ng pinakamalaking kapital na magagamit nila para magtamo ng kaligtasan at makaharap sa Kanya. Sa huli, ang lahat ng ginawa ng Diyos, at ang buong kaayusang ito at ang lahat ng batas na ito itinakda ng Diyos ay mangangailangan ng mga tao para mangasiwa, at mangangailangan ng mga tao para mapanatili. Iyong mga taong nagsasaliksik at naninira lang, nakapipinsala, at binabaliko ang buong kaayusang ito at lahat ng batas na ito ay dapat na lipulin. Nagdusa ang mga tao ng labis na paghihirap. Umiiral ba talaga ang magandang destinasyon na pinaniniwalaan ng mga tao sa puso nila, at na hinahangad at inaasam nila? Hindi talaga ito umiiral. Isa lang

itong pagnanais at matinding ambisyon ng mga tao, at naiiba ito sa gustong ipagkaloob ng Diyos sa mga tao. Dalawang magkahiwalay na bagay ang mga ito at walang kinalaman ang mga ito sa isa't isa. Kaya't ang bahaging "pagbubuhay ng mabigat na pasanin" sa pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin ay hindi umiiral sa mga tao. Ano ang ibig Kong sabihin na hindi ito umiiral? Na ang magandang destinasyon na pinaniniwalaan mo at ang mga bagay na gusto mong matupad sa mga pagnanais at matinding ambisyon sa kaibuturan ng iyong puso, ay hindi talaga umiiral. Gaano man katinding paghihirap ang pinagdurusahan mo o gaano katinding kawalang-dignidad ang tinitii mo, sa huli ang destinasyong inaasam-asam mo, ang mga bagay na ninanais mong makamit, ang taong ninanais mong maging, at ang antas kung saan mo gustong mabiyayaan ay hindi makatwiran. Hindi iyon ang mga bagay na gustong ipagkaloob sa iyo ng Diyos. Anong iba pang problema ang mayroon dito? Ang pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin ay kapag itinatago ng mga tao ang tunay na kakayahan nila sa pamamagitan ng pagtitiis ng kawalang-dignidad, pagkatapos ay magdurusa ng kawalang-dignidad para makamit ang mga layon nila. Ano ang mga layong ito? Ito ang mga adhikain at maging mga pagnanais sa kaibuturan ng puso ng mga tao. Kaya kapag nagdurusa ang mga mananampalataya ng paghihirap, ito ba ay para matugunan ang isang pagnanais? (Hindi.) Kung gayon, para saan ito? Kapag nagdurusa ng paghihirap ang mga mananampalataya, ang layunin ba na gusto nilang hangarin at kamtin ay positibo o negatibo? (Positibo.) Konektado ba ito sa pagnanais? (Hindi.) Kung gayon, ano ang positibong layong ito? (Para iwaksi ang tiwaling disposisyon nila, maging isang tunay na tao, at magawang mabuhay nang mas mabuti.) Para iwaksi ang tiwaling disposisyon nila, maging isang tunay na tao, at mabuhay nang mas mabuti. Ano pa? Para maging isang taong ligtas, at para hindi na muling maghimagsik laban sa Diyos. Gusto ninyo bang maging katulad nina Job at Pedro? (Oo.) Kung gayon, hindi ba't ito ay isang layon? (Oo.) Konektado ba ang layong ito sa pagnanais? (Hindi.) Ang layong ito ay isang nararapat na paghahangad, at ang layon at landas na ipinagkaloob ng Diyos sa mga tao. Ito ay nararapat. Kaya sinasabi Ko na ang paghihirap na pinagdurusahan mo dahil sa nararapat na layong ito ng paghahangad ay hindi pagtitiis ng kahihyan. Sa halip, ito ang dapat na hangarin ng mga tao, at ito ang landas na dapat tahakin ng mga tao. Kaya bang tahakin ng mga taong iyon na nag-iisip nang malalim sa puso nila na sila ay taong nagtitiis ng kahihyan ang landas na ito? Hindi nila kaya, at hindi rin nila kayang makamit ang layong ito.

Kung titingnan ito ngayon, katotohanan ba ang pariralang "pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin"? (Hindi.) Hindi ito ang katotohanan, at hindi ito ang pamantayan para sa kung paano dapat kumilos ang mga tao, umasal, o sumamba sa Diyos. Kailangan ba ng mga tao na tiisin ang kahihyan at buhatin ang mabigat na pasanin para maligtas ng Diyos? (Hindi.) Tama ba o maling sabihin na nakamit ng isang tao ang kaligtasan sa pamamagitan ng pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin? (Mali.) Paano ito mali? Ang pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat

na pasanin ay hindi pagsasagawa ng katotohanan, kaya paano niya makakamit ang kaligtasan? Katulad ito ng pagsasabi na pumatay ng mga tao ang isang tao, nanunog ng mga bagay at gumawa ng maraming masamang bagay, at sa kalaunan ay naging isang “lider na minahal ng mga tao.” Hindi ba’t katulad ito ng pagsasabi nito? (Oo.) Ito ang ibig sabihin nito. Malinaw na nasa landas siya ng kabuktutan, subalit naging isang positibong tao siya. Isa itong kontradiksiyon. Kung sasabihin ng isang tao na ang isang tao ay nagtiis ng kahihyan at nagbuhat ng mabigat na pasanin, at sa kalaunan ay nagkamit ng pagiging kaayon ng Diyos, o ang isang tao ay nagtiis ng kahihyan at nagbuhat ng mabigat na pasanin, at sa kalaunan ay nanatiling matatag sa panahon ng mga pagsubok, o na ang isang tao ay nagtiis ng kahihyan at nagbuhat ng mabigat na pasanin, at sa kalaunan ay nakompleto ang atas ng Diyos—alin sa mga pahayag na ito ang tama? (Wala sa mga ito ang tama.) Wala sa mga ito ang tama. Tama bang sabihin na may isang tao na nagtiis ng kahihyan at nagbuhat ng mabigat na pasanin habang nagpapalaganap ng ebanghelyo sa buong kanayunan? (Hindi.) Nakikita Kong hindi sigurado ang ilang tao, iniisip na, “Tama ba ito? Sa tingin ko, tama ang pahayag na iyon, hindi ba? Maraming pagkakataon na kailangang magtiis ng kahihyan at magbuhat ng mabigat na pasanin ang mga tao habang nangangaral ng ebanghelyo at nagpapatotoo sa Diyos.” Ang paggamit sa pariralang ito sa kontekstong ito ay tama, hindi ba? (Hindi, hindi ito tama.) Bakit hindi? Sabihin mo sa Akin. (Dahil ang epekto na nakamit sa pamamagitan ng pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin ay hindi positibo.) Ito ba ang tamang paglalapat? Suriin mo kung paanong mali ang pariralang ito. Himayin mo ito. “Sa pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin habang nangangaral ng ebanghelyo, napagbalik-loob nila ang maraming tao, labis na nagbunga, at naiprolama ang pangalan ng Diyos.” Hindi mo ba alam kung tama ang pahayag na ito? Kung ilalapat natin ito alinsunod sa bawat pahayag na pinagbahaginan natin ngayon, hindi tamang gamitin ang pariralang ito sa sitwasyong ito, subalit kung iisipin natin nang mas malalim ang tungkol sa kung paanong kapag nangangaral ng ebanghelyo ang ilang tao ay sinasaktan o sinisigawan sila ng mga potensiyal na tatanggap ng ebanghelyo at itinataboy sa mga pintuan ng mga ito, maituturing ba ito bilang pagtitiis ng kahihyan? (Hindi.) Kung gayon, ano ito? (Paghihirap na dapat pagdusahan ng mga mananampalataya habang nangangaral ng ebanghelyo.) Tama iyon. Ito ay paghihirap na dapat pagdusahan ng mga tao. Ito ang kanilang responsabilidad, kanilang obligasyon, at ang atas na ipinagkaloob ng Diyos sa mga tao. Katulad ito ng kung gaano kasakit ang panganganak—hindi ba’t paghihirap ito na dapat pagdusahan? (Oo.) Kung sasabihin ng isang babae sa kanyang anak na, “Nagtiis ako ng kahihyan at nagbuhat ng mabigat na pasanin para isilang ka sa mundo,” tamang bagay ba na sabihin iyon? (Hindi.) Nagdusa siya ng paghihirap, kaya bakit maling sabihin ito? Dahil paghihirap ito na dapat niyang pagdusahan. Halimbawa, kung naghanap ang isang lobo nang maraming oras bago nakahuli ng isang kuneho, at sinabing, “Nagtiis ako ng kahihyan at nagbuhat ng mabigat na pasanin para makakain ng isang kuneho,” tama ba iyon? (Hindi.) Para makakain ng

kuneho, dapat magsakripisyo ang lobo ng isang bagay bilang kapalit. Hindi lang uupo roon ang kuneho at hihintayin itong kainin ng lobo. Anong gampanin ang ganoon kadali? Anuman ang gampanin, kailangan ng isang tao na palaging magsakripisyo ng isang partikular na bagay. Hindi ito pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin. Sa ngayon, ano ang lubos nating ikinategorya sa pariralang “pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin”? (Negatibo.) Ikinategorya natin ito bilang isang negatibo at nakasisirang parirala, at ikinategorya ito bilang lohika ni Satanas at pilosopiya ni Satanas para sa mga makamundong pakikitungo. Wala itong kinalaman sa pananalig sa Diyos o sa mga positibong bagay. Kung sasabihin ng isang tao na, “Ipinangaral ko na ang ebanghelyo sa loob ng maraming taon. Talagang tiniis ko ang kahihyan at dinala ang mabigat na pasanin!” hindi ito angkop. Ang pangangaral ng ebanghelyo ay iyong responsabilidad, at ito ay paghihirap na dapat mong pagdusahan. Kahit na hindi mo ipangaral ang ebanghelyo, hindi ka ba magdurusa ng paghihirap sa pamamagitan lang ng pamumuhay? Ito ay paghihirap na dapat pagdusahan ng mga tao; ito ay nararapat. Ang pariralang “pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin” ay halos inalis na sa sambahayan ng Diyos. Kung may magbanggit muli ng pariralang ito, paano mo ito bibigyang-kahulugan? Kung may magsasabing, “Nagtiis ako ng kahihyan at nagbuhat ako ng mabigat na pasanin sa bilanguan para hindi ako maging isang Hudas!” tama ba ang pahayag na ito? (Hindi.) Bakit hindi? Ang “para hindi maging Hudas” ay isang napakamakatarungang layon at makatarungang bagay na sabihin, kaya’t paanong hindi ito pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin? (Ang isang mananampalataya ay hindi dapat maging isang Hudas.) Tama iyon. Paano naging makatwiran para sa isang mananampalataya na maging isang Hudas? Hindi ba’t katawatawang sabihin na ang hindi pagiging Hudas ay pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin? Ang pagpapatotoo sa Diyos ay ang iyong misyon. Ito ang patotoo kung saan dapat manindigan ang mga nilikha, at ang paninindigan kung saan dapat silang maging matatag. Hindi karapat-dapat sa papuri ng tao si Satanas. Ang Diyos ang Siyang dapat sambahin ng mga tao, at ganap na natural at makatwiran na sambahin ang Diyos. Kapag sinusubukan kang pasunurin ni Satanas sa kalooban nito, dapat kang manindigan sa iyong patotoo para sa Diyos, talikuran ang iyong buhay, at hindi maging isang Hudas. Hindi ito katumbas ng pagtitiis ng kahihyan at pagbubuhay ng mabigat na pasanin. Naipaliwanag Ko na nang malinaw ang pariralang ito ngayon. Kung may magsasabing muli kung paano nila tiniis ang kahihyan at binuhay ang isang mabigat na pasanin, paano ninyo haharapin ang usaping ito? Mauunawaan nila kapag hinayaan ninyo silang makinig sa sermong ipinangaral Ko ngayon. Iyon ang pinakamadaling paraan.

C. Isang Hindi-Kailanman-Susukong Kalooban na Lumaban

Ang ikatlong pagpapamalas ng pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo ay isang hindi-kailanman-susukong kalooban na lumaban. Anong uri ng disposisyon ang hindi kailanman pagsuko? Isang mapagmataas na disposisyon. Paanong hindi kailanman

mabibigo ang mga tao? Paanong hindi kailanman makakagawa ng anumang mali, hindi kailanman makakapagsabi ng anumang mali, o hindi kailanman makakagawa ng anumang pagkakamali ang mga tao? Dapat mong aminin, “Isa akong karaniwang tao, at isa akong normal na tao. May mga kapintasan at pagkukulang ako. May mga pagkakataong mali ang nagagawa ko at mga pagkakataong mali ang nasasabi ko. Kaya kong gumawa ng maling bagay at sumunod sa maling landas. Isa akong karaniwang tao.” Kaya ano ang ibig sabihin ng hindi kailanman pagsuko? Ito ay kapag ang isang tao ay nabigo, nakatagpo ng mga kabiguan, o naligaw sa maling landas, pero hindi nito inaamin. Nagpapatuloy lang siya nang may katigasan ng ulo. Nabibigo siya pero hindi pinanghihinaan ng loob, nabibigo pero hindi tinatanggap ang kanyang mga pagkakamali. Gaano man karaming tao ang sumasaway o kumokondena sa kanya, hindi siya umuurong. Iginigiit niya ang paglaban, pagtatrabaho at paghahangad sa kanyang direksiyon at patungo sa kanyang sariling mga layon, at hindi niya iniisip ang kapalit. Ito ang uri ng mentalidad na tinutukoy nito. Hindi ba’t medyo mabuti ang mentalidad na ito sa pagbibigay-inspirasyon sa mga tao? Sa anong mga sitwasyon karaniwang ginagamit ang “Hindi kailanman susuko”? Sa bawat uri ng sitwasyon. Saanman umiiral ang mga tiwaling tao, umiiral ang pariralang ito; umiiral ang kaisipang ito. Kaya para saan naisip ng mga taong kay Satanas ang kasabihang ito? Upang hindi kailanman maunawaan ng mga tao ang kanilang sarili, hindi makilala ang kanilang sariling mga pagkakamali, at hindi matanggap ang kanilang sariling mga pagkakamali. Upang hindi lamang makita ng mga tao ang marupok, mahina at walang kakayahang bahagi ng kanilang sarili, kundi sa halip ay makita ang bahagi ng kanilang sarili na may kakayahan, at ang bahagi ng kanilang sarili na makapangyarihan at buo ang loob, hindi maliitin ang kanilang sarili, kundi isipin na sila ay may kakayahan. Hangga’t iniisip mong kaya mo, kaya mo; hangga’t iniisip mong kaya mong maging matagumpay, hindi mabibigo, at kayang maging pinakamahusay, magagawa mo ito. Hangga’t mayroon ka ng determinasyon at kapasiyahang iyon, ng pagnanais at mapapangahas na ambisyong iyon, magagawa mo ang lahat ng ito. Ang mga tao ay hindi hamak; sila ay makapangyarihan. May kasabihan ang mga walang pananampalataya: “Ang iyong entablado ay kasinlaki ng iyong puso.” Gustong-gusto ng ilang tao ang kasabihang ito sa oras na marinig nila ito: “Wow, gusto ko ng sampung karat na brilyante, ibig sabihin ba nito ay makukuha ko ito? Gusto ko ng isang Mercedes Benz, ibig sabihin ba nito ay makukuha ko ito?” Tutugma ba ang makukuha mo sa lawak ng pagnanais ng puso mo? (Hindi.) Ang kasabihang ito ay isang baluktot na pangangatuwiran. Sa madaling salita, ang pagmamataas ng mga taong naniniwala at kumikilala sa pariralang “Hindi kailanman susuko” ay walang hangganan. Alin sa mga salita ng Diyos ang tuwirang sinasalungat ng paraan ng pag-iisip ng mga taong ito? Hinihingi ng Diyos na maunawaan ng mga tao ang kanilang sarili, at umasal sa praktikal na paraan. Ang mga tao ay may mga tiwaling disposisyon; sila ay may mga pagkukulang at isang disposisyong lumalaban sa Diyos. Walang mga perpektong tao sa lahat; walang taong perpekto; mga karaniwang tao lang sila. Paano sinabihan ng Diyos

ang mga tao na umasal? (Sa paraang mabuti ang pag-uugali.) Ang umasal nang may mabuting pag-uugali, at kumapit nang mahigpit sa kanilang lugar bilang mga nilikha sa isang praktikal na paraan. Hiningi ba kailanman ng Diyos sa mga tao na huwag kailanman sumuko? (Hindi.) Hindi. Kung gayon, ano ang sinasabi ng Diyos tungkol sa mga tao na sumusunod sa maling landas, o nagbubunyag ng tiwaling disposisyon? (Sinasabi Niya na kilalanin at tanggapin ito.) Kilalanin at tanggapin ito, pagkatapos ay unawain ito, magawang bumalik sa tamang landas, at kamtin ang pagsasagawa ng katotohanan. Sa kabaligtaran, ang hindi kailanman pagsuko ay kapag hindi nauunawaan ng mga tao ang kanilang sariling mga problema, hindi nauunawaan ang kanilang mga pagkakamali, hindi tinatanggap ang kanilang mga pagkakamali, hindi sila bumabalik sa tamang landas sa ano't anuman, at hindi nagsisisi sa ano't anuman, lalong hindi tinatanggap ang kataas-taasang kapangyarihan o mga pagsasaayos ng Diyos. Hindi lang sa hindi nila hinahanap kung ano ang eksaktong kapalaran ng mga tao, o kung ano ang mga pamamatnugot at pagsasaayos ng Diyos—hindi lang sa hindi nila hinahanap ang mga bagay na ito, kundi sa halip, inilalagay nila ang kapalaran nila sa sarili nilang mga kamay; gusto nilang sila ang may huling salita. Gayundin, hinihingi ng Diyos sa mga tao na unawain nila ang kanilang sarili, tumpak na suriin at bigyang-halaga ang kanilang sarili, at gawin ang anumang magagawa nila nang maayos sa paraang praktikal at nang may mabuting pag-uugali, at nang kanilang buong puso, isipan, at kaluluwa, samantalang ginagawa ni Satanas na lubusang gamitin ng mga tao ang kanilang mapagmataas na disposisyon, at bigyan ng lubos na kalayaan ang kanilang mapagmataas na disposisyon. Idinudulot nito sa mga taong maging higit sa karaniwang tao, maging dakila, at magkaroon pa nga ng mga higit sa karaniwang kapangyarihan—idinudulot nito sa mga tao na maging mga bagay na hindi maaaring maging sila. Samakatwid, ano ang pilosopiya ni Satanas? Ito ay na kahit na mali ka, hindi ka mali, at na hangga't mayroon kang mentalidad ng hindi pagtanggap ng pagkatalo, at hangga't mayroon kang mentalidad ng hindi kailanman pagsuko, darating ang araw na magiging pinakamahusay ka, at darating din ang araw na matutupad ang iyong mga kagustuhan at layon. Kaya, mayroon bang diwa kung saan ang ibig sabihin ng hindi kailanman pagsuko ay gagamit ka ng anumang pamamaraan para maisakatuparan ang isang bagay? Para makamit ang mga layon mo, hindi mo dapat kilalanin na may kakayahan kang mabigo, hindi mo dapat paniwalaan na isa kang karaniwang tao, at hindi mo dapat paniwalaan na may kakayahan kang sumunod sa maling landas. Dagdag pa rito, walang pakundangan mo dapat na gamitin ang bawat uri ng pamamaraan o lihim na pakana para maisakatuparan ang mga pagnanais at mapangahas na ambisyon mo. Mayroon bang anumang bagay tungkol sa hindi kailanman pagsuko kung saan hinaharap ng mga tao ang kapalaran nila nang may saloobin ng paghihintay at pagpapasakop? (Wala.) Wala. Iginigiit ng mga tao na ganap na ilagay ang kapalaran nila sa sarili nilang mga kamay; gusto nilang kontrolin ang sarili nilang kapalaran. Hindi mahalaga kung saang daan man sila pupunta, pagpapalain man sila o anong uri man ng pamumuhay ang tataglayin nila, dapat sila ang may huling salita

sa lahat ng bagay. May kasabihan ang mga walang pananampalataya: “Pinapaboran ng oportunidad ang mga nakahanda.” Anong uri ng kasabihan ito? Maraming tao ang gumugugol ng maraming taon sa paghahanda, na ginugugol ang kanilang buong buhay sa paghahanda, pero namamatay nang hindi kailanman nakakakuha ng pagkakataon. Paano ba dumarating ang pagkakataon? (Mula sa Diyos.) Kung hindi maghahanda ng pagkakataon ang Diyos para sa iyo, may silbi ba ang anumang paghahanda sa panig mo? (Wala.) Kung hindi plano ng Diyos na bigyan ka ng pagkakataon at hindi ito nakatadhana, kahit gaano karaming taon pa man ang gugulin mo sa paghahanda, ano ang silbi nito? Kaaawaan ka ba ng Diyos at bibigyan ng pagkakataon dahil gumugol ka ng napakaraming taon sa paghahanda? Gagawin ba ito ng Diyos? (Hindi.) Darating ang isang pagkakataon kung inihanda ito ng Diyos para sa iyo, at kung hindi ito inihanda ng Diyos para sa iyo, hindi ka makakakuha ng pagkakataon. Mayroon bang anumang silbi ang hindi kailanman pagsuko? (Wala.) Sinasabi ng ilang tao, “Hindi ako kailanman susuko. Inilalagay ko ang kapalaran ko sa sarili kong mga kamay!” Mabagsik ang kanilang mga salita, pero hindi nakasalalay sa kanila kung makakamit nila ito o hindi. Halimbawa, mayroong isang babae na gustong magkaroon ng lalaking anak. Nagsilang siya ng maraming anak, pero lumabas na babae silang lahat. Sinasabi ng ibang mga tao sa kanya na huwag nang mag-anak pa at sinasabing hindi siya nakatadhana na magkaroon ng lalaking anak, pero hindi siya sumusuko, at sinasabi niya, “Hindi ako naniniwala. Hindi ako kailanman susuko!” Nang ang kanyang ikasampung anak ay babae rin, sumuko na siya sa wakas: “Mukhang hindi ako nakatadhana na magkaroon ng lalaking anak.” Hindi pa rin ba siya kailanman sumusuko? Mayroon pa rin ba siyang kumpiyansa? Naglalakas-loob pa rin ba siyang magkaroon ng marami pang anak? Hindi, hindi siya naglalakas-loob. Kapag may ilang ibang taong nagnenegosyo, pinaplano niyang kumita ng limandaang libong dolyar sa loob ng dalawang taon. Sa simula, nang wala siyang kinikita sa unang kalahating taon, sinasabi niya, “Hindi bale. Hindi mahalaga ang hindi kumita ng pera sa unang kalahating taon. Sigurado akong kikita ako sa huling kalahati.” Pagkalipas ng mahigit isang taon at hindi siya kumita, hindi pa rin siya sumusuko: “Hindi ako kailanman susuko. Naniniwala ako na ang lahat ay nasa mga kamay ng tao—marami akong pagkakataon!” Nang dalawang taon na ang lumipas, hindi siya kumita ng limampung libo, lalong hindi ng limandaang libo. Sa palagay niya ay wala siyang sapat na oras at wala siyang sapat na karanasan, kaya nagpatuloy siya at nag-aral nang dalawa pang taon. Pagkalipas ng apat na taon, hindi lang sa hindi siya kumita ng limandaang libong dolyar, kundi nawala halos lahat ng kanyang puhunan, pero hindi pa rin siya sumusuko: “Nakatadhana ako na magkaroon ng pera. Paanong hindi ko kayang kumita ng limandaang libong dolyar?” Kapag halos sampung taon na ang lumipas, magkakaroon pa rin kaya siya nitong layon na kumita ng limandaang libong dolyar? Kung tatanungin mo siya ulit kung magkano ang balak niyang kitain ngayong taon, sasabihin niya, “Ah, sapat na kung kaya kong mabuhay sa pamamagitan nito.” Hindi pa rin ba siya kailanman sumuko? Nabigo siya, tama? Paano siya nabigo? Nabigo ba siya

dahil masyadong mataas ang kanyang target na kita? Ito ba ay tungkol doon? Hindi. Ito man ay mga ari-arian ng mga tao, mga anak, ang paghihirap na kanilang dinaranas sa kanilang buhay, o kailan at saan sila pupunta, hindi nila mapagpapasiyahan ang alinman dito. Gustong pasukin ng ilang tao ang pampublikong pangangasiwa, pero hindi sila kailanman nakakakuha ng pagkakataon—ang kawalan ba ng kakayahan ang dapat sisihin dito? May kakayahan sila, tuso, at alam kung paano bolahin ang mga tao, kaya bakit napakahirap para sa kanila na maging mga pampublikong opisyal? Maraming tao na hindi kasinghusay nila na mga naging opisyal, at maraming tao na minamaliit nila na naging mga opisyal. Ang mga taong ito ay magaling sa pagsasalita, mayroon silang tunay na talento, at matatag na edukasyon na kanilang nakamit, kaya kung gusto nilang maging mga pampublikong opisyal, bakit napakahirap nito? Noong bata sila, hindi sila kailanman sumuko, pero noong tumanda na sila at mga karaniwang kawani pa rin lang, sumuko na sila sa wakas, at sinabi, “Ang kapalaran ng tao ay itinakda ng Langit. Kung ito ay itinadhana, ito ay darating. Kung hindi, hindi ito makakamit sa pagsisikap.” Isinuko na nila ang kanilang sarili sa kanilang tadhana, hindi ba? Anong nangyari sa kanilang hindi-kailanman-susuko na mentalidad? Napapahiya ang mga tao sa harap ng mga katunayan.

Ano ang naidudulot sa mga tao ng isang hindi-kailanman-susuko na mentalidad? Pinapataba nito ang kanilang mga pagnanais at ambisyon. Ang idinudulot nito sa mga tao ay hindi positibong impluwensiya o gabay; sa halip, nagdudulot ito ng isang uri ng negatibong, masamang impluwensiya sa kanila. Ang mga tao mismo ay walang alam sa kanilang posisyon sa sansinukob, walang alam sa tadhanang pinlano ng Langit para sa kanila, at walang alam sa kataas-taasang kapangyarihan o mga pagsasaayos ng Diyos. Higit pa ryan, nakuha nila itong tinatawag na mental na saklay. Ano sa huli ang nangyayari kapag ang mga tao ay nasa isang sitwasyon kung saan nagagawa lang nilang mailihis? Gumagawa sila ng maraming gawain para sa wala, at gumagawa ng maraming walang silbing gawain. Para makamit ang kanilang mga layon, ang isang bagay ay na ang katawan at isipan ng mga tao ay nagtamo ng hindi maliit na kawalan at trauma, at tiyak na marami rin silang ginawang labis na kasamaan para maisakatuparan ang kanilang mga pagnanais, mapapangahas na ambisyon at mga layon. Ano ang kahihinatnan ng kasamaang ito sa mga tao sa kanilang susunod na buhay? Magdadala lang ito ng kaparusahan. Ang idinudulot ng isang tiwaling disposisyon sa mga tao ay pagnanais at mapangahas na ambisyon. Sa mga bagay na idinudulot ng mga pagnanais at matinding ambisyon ng mga tao na gawin nila, lehitimo ba ang alinman sa mga ito? Naaayon ba sa katotohanan ang alinman sa mga bagay na ito? (Hindi.) Ano ang mga bagay na ito? Mga gawa lang ito ng kasamaan. Ano ang sinasaklaw ng kasamaang ito? Ang pagiging tuso sa iba, pandaraya sa iba, pamiminsala sa iba, at panlilinlang sa iba. Nauuwi ang mga tao sa pagkakaroon ng malaking pagkakautang sa iba, at maaaring muling isilang bilang isang hayop sa susunod nilang buhay. Kung sino man ang pinakalabis nilang pinagkakautangan, kung sino man ang pinakalabis nilang nilinlang, at kung sino man ang pinakalabis nilang dinaya, sa pamamahay niya sila maninirahan

bilang isang hayop, hindi makapagsalita at inuutus-utusan ng mga tao. Kahit na muli silang isilang bilang isang tao, dadanas sila ng isang buhay ng walang katapusang paghihirap; dapat nilang pagbayaran ang kanilang ginawa. Ito ang magiging masamang kahihinatnan. Kung hindi sila sinusulsulan ng kasabihang “Hindi kailanman susuko,” hindi mapapataba ang kanilang mga ambisyon at pagnanais, at kung hindi natupad ang kanilang mga ambisyon at pagnanais sa loob ng dalawa o tatlong taon, malamang na tatalikuran ang mga ito ng mga tao, pero sa oras na mang-udyok si Satanas, lolobo nang lolobo ang kanilang mga pagnanais. Hindi naman ang paglobo mismo ang problema, pero pinatatahak sila nito sa buktot na landas. Kapag nasa buktot na landas ang isang tao, kaya ba niyang gumawa ng mga mabuting bagay? Kaya ba niyang gumawa ng mga makataong bagay? Hindi, hindi niya kaya. Gagamit siya ng anumang pamamaraan para maisakatuparan ang kanyang mga hangarin at layon, manunumpang hindi siya magpapahinga hangga’t hindi naisasakatuparan ang kanyang mga layon, at kaya niyang gumawa ng anumang uri ng masamang bagay. Tingnan mo lang, may mga kaso ba kung saan pinapatay ng mga anak ang kanilang mga magulang para makuha ang kanilang mga ari-arian? (Oo.) Masyadong maraming pagkakataon kung saan pumapatay ang mga tao ng kanilang mga kaibigan at minamahal sa buhay gamit ang kanilang sariling mga kamay alang-alang sa kanilang pansariling interes. Kapag nakatagpo ang dalawang tao ng parehas na kapaki-pakinabang na pagkakataon at dapat silang maglaban para dito, gumagamit sila ng anumang pamamaraan na kaya nila para makuha ito. Ano ang kanilang mga paniniwala sa pinakamahalagang sandali? “Hindi ako kailanman susuko. Talagang hindi ako puwedeng mabigo sa pagkakataong ito. Kung palalampasin ko ang pagkakataong ito, baka hindi na ako makatagpong muli ng ganitong magandang pagkakataon sa buong buhay ko. Kaya, dapat manalo ako sa pagkakataong ito. Talagang dapat kong makuha ang pagkakataong ito. Hindi importante kung sino man ang humadlang sa aking landas, papatayin ko sila nang walang eksepsiyon!” Ano ang mangyayari sa huli? Papatayin nila ang ibang tao. Maaaring nakamit at natugunan nila ang kanilang layon at pagnanais, pero nakagawa rin sila ng kasamaan, at nagdulot ito ng kapahamakan. Maaaring hindi mapanatag ang kanilang puso sa buong buhay nila, maaaring makaramdam ito ng pagakusa, o maaaring ganap itong walang kamalayan. Gayumpaman, ang katunayang hindi nila ito lubos na namamalayan ay hindi nangangahulugang hindi tinukoy ng Diyos ang bagay na ito. May paraan ang Diyos sa pangangasiwa nito. Maaaring naisakatuparan ng taong ito ang kanyang layon sa buhay na ito, maaaring napagtagumpayan niya ito, pero sa susunod na buhay ay dapat siyang magbayad ng matinding halaga para sa kanyang ginawa sa buhay na ito, na malamang na isang masamang gawa. Maaaring pagbayaran niya ito sa isang buhay, o dalawang buhay, tatlong buhay, o sa walang hanggan pa nga. Masyadong matindi ang halagang ito! Kaya paano nangyari ang kinahinatnang ito? Bunga ito ng iisang parirala, iisang pananampalataya. Gustong kunin ng taong ito ang pagkakataong iyon. Hindi siya tumatanggap ng pagkatalo, hindi siya sumusuko, at hindi niya hinahayaan ang kanyang sarili na mabigo. Gusto niyang mahigpit

na sunggaban ang pagkakataon. Kaya naman, nagbubunga ito ng kapahamakan. Matapos maganap ang kapahamakan, hindi magiging sapat ang isa o dalawang taon para magbayad at makabawi sa mga kinahinatnan. Hindi ba't masyado itong malaking halaga? Ang buhay ng mga tao ay walumpu hanggang siyamnapung taong haba, at ang mga mas maigsi ay limampu hanggang animnapung taon. Nagkamit ka man ng mga personal na benepisyo, katayuan, pera, o mga iba pang materyal na bagay, matatamasa mo nang may kamalayan ang mga bagay na ito nang dalawampu o tatlumpung taon. Gayunman, para sa dalawampu o tatlumpung taong ito ng pagtatamasa, maaaring magbayad ka ng halaga sa bawat isa sa iyong mga buhay, sa kabuuan ng walang hanggan. Hindi ba't masyadong malaki ang halagang ito? (Oo.) Hindi nauunawaan ng mga taong hindi nananampalataya sa Diyos ang katotohanan, ni hindi nila alam na ang Diyos ay may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay na ito. Kaya may kakayahan silang gumawa ng mga bagay na kahangalan alang-alang sa kanilang makasariling pagnanais, isang panandaliang nakakabulag na pagnanais para sa pansariling interes, sa ilalim ng dominasyon ng ilang kuru-kuro o satanikong lohika, na nag-iiwan sa kanila ng walang hanggang pagsisisi. Ang "walang hanggan" ay hindi nangangahulugang dalawampu o tatlumpung taon sa buhay na ito, kundi sa halip ay na dapat silang magdusa sa bawat buhay kabilang na ito. Hindi mauunawaan ng mga taong hindi nananampalataya sa Diyos ang mga bagay na ito, at kung ang mga taong nananampalataya sa Diyos ay hindi nauunawaan ang katotohanan o hindi nila kilala ang Diyos, hindi rin nila mauunawaan ang mga bagay na ito. Hindi gumagawa ang ilang tao ng mga bagay na malinaw na masama. Kung titingnan mo sila mula sa panlabas, hindi sila pumapatay ng tao o nanununog, at hindi hayagang naglalagay ng mga bitag para sa ibang mga tao, pero marami silang lihim na taktika. Sa mga mata ng Diyos, pareho ang katangian ng kasamaang ito at ng malinaw na kasamaan. Ano ang ibig Kong sabihin sa pareho sila ng katangian? Ibig Kong sabihin na mula sa kinatatayuan ng Diyos, ang mga prinsipyong Kanyang ginagamit para kondenahin ang mga bagay gaya ng mga ito ay pareho. Gumagamit Siya ng parehong pamamaraan at parehong aytem ng katotohanan para kondenahin sila. Kinokondena ng Diyos ang lahat ng bagay na ito na ginawa ng mga taong iyon, anuman ang kanilang motibasyon para gawin ang mga iyon, at kung ginawa man nila ang mga iyon sa sambahayan ng Diyos o sa mundo. Kung nananampalataya ka sa Diyos pero ginagawa mo pa rin ang mga bagay na ito, magiging iba ba ang kalalabasan na ibibigay sa iyo ng Diyos sa huli kaysa roon sa mga walang pananampalataya? Sabihin mo sa Akin, magiging maluwag ba ang Diyos sa iyo at babaguhin ang Kanyang matuwid na disposisyon dahil sa katunayan na nanampalataya ka sa Kanya sa loob ng maraming taon at nagserbisyo para sa iglesia sa loob ng ilang taon? Posible ba ito sa tingin ninyo? Talagang hindi ito posible. Ano ang ibig Kong sabihin dito? Kung hindi mo nauunawaan ang katotohanan, ang ginagawa mong kasamaan ay kasamaan, at kapag nauunawaan mo ang katotohanan, ang ginagawa mong kasamaan ay kasamaan pa rin. Mula sa kinatatayuan ng Diyos, kasamaan ang

lahat ng ito. Katumbas ng bawat isa ang dalawang uri ng kasamaan na ito. Walang pinagkaiba ang dalawa. Hangga't hindi naaayon sa katotohanan ang isang bagay, ito ay kasamaan. Mula sa kinatatayuan ng Diyos, walang pinagkaiba sa katangian sa pagitan ng dalawa. Dahil pareho silang kasamaan, dapat pagbayaran ng mga tao ang kasamaang kanilang ginawa sa parehong kaso—dapat silang magbayad ng halaga. Ito ang matuwid na disposisyon ng Diyos. Pagdudahan mo man ito o paniwalaan ito, ito ang ginagawa ng Diyos, at ganito Niya tinutukoy ang mga bagay-bagay. Ano ang ibig Kong sabihin dito? Isang katunayan ang ibig Kong sabihin sa inyong lahat: Hindi mo dapat ipagpalagay, “Pinili ako ng Diyos, kaya nakuha ko ang pagsang-ayon Niya. Nauunawaan ko ang maraming katotohanan. Kung gagawa ako ng kaunting kasamaan, hindi ito ilalarawan bilang gayon o kokondenahin ng Diyos. Maaari kong gawin kung ano ang gusto ko. Magagawa ko ang kasamaan sa aking kamay gamit ang pagdadahilan ng pagdanas ng paghihirap para sa pagsasagawa ng katotohanan. Kung gayon, hindi ito kokondenahin ng Diyos, hindi ba?” Mali ka. Pareho ang mga prinsipyo ng Diyos sa pagkondena ng kasamaan. Hindi mahalaga kung saang lugar ito nangyayari, o sa aling grupo ng mga tao ito nangyayari. Hindi pinag-iiba ng Diyos ang iba't ibang lahi, ni hindi Niya pinag-iiba ang mga taong Kanyang pinili at ng mga hindi Niya pinili. Sila man ay walang pananampalataya o mananampalataya, iisa ang pagtingin sa kanila ng Diyos. Nauunawaan ninyo? (Oo, nauunawaan namin.)

“Hindi kailanman susuko” ay isang bagay na sinasabi ng mga tao kapag sinusulsulan sila ng isang satanikong disposisyon, at isa itong mentalidad na itinataguyod ng satanikong mundo. Ano ang tingin natin sa mentalidad na ito? (Isang sakit sa pag-iisip.) Isa itong paraan ng pag-iisip at isang prinsipyong taglay ng mga tao para sa pamumuhay at paggawa ng mga bagay-bagay na itinataguyod ng mga taong may sakit sa pag-iisip. Sinusulsulan at inuudyukan nito ang mga tao para gumamit ng anumang pamamaraang posible para matugunan ang sarili nilang mga pagnanais at mapangahas na ambisyon, hindi kailanman panghinaan ng loob kahit ano pa man ang sitwasyon, hangarin ang mga bagay ayon sa prinsipyong “matatag kang tumayo at huwag sumuko,” at hindi sinusuri kung nararapat ba o hindi ang kanilang mga pagnanais at mapangahas na ambisyon; hangga't taglay nila ang mentalidad na ito, karapat-dapat itong itaguyod. Kung sinaliksik ng isang tao ang isang bagay na kapaki-pakinabang sa sangkatauhan, hindi kailanman susuko, hindi pinanghinaan ng loob sa pagkabigo, nagpatuloy sa pagpapaunlad tungo sa positibong direksiyon, at nagpatuloy sa pananaliksik para makapamuhay ng mas magandang buhay ang mga tao sa hinaharap, medyo kapuri-puri ito. Gayumpaman, ito ba ang layon na hinahangad ng sangkatauhan sa mundong ito? Sino ang walang pag-iimbot na gumagawa ng ganitong mga bagay para sa ikakabuti ng sangkatauhan? Wala. Kahit pa may ilang tao na sa panlabas ay gumagawa ng mga bagay-bagay sa pagpapanggap na gumagawa ng mabuti para sa sangkatauhan, sa likod nito, ginagawa nila ito para sa sarili nilang reputasyon at propesyonal na tagumpay, para tumatak ang kanilang pangalan sa kasaysayan. Ito ang kanilang mga layon, at wala sa mga ito ang

marapat. Bukod sa mga ito, ano ang isinusulsol ng hindi-kailanman-susuko na mentalidad na gawin ng mga tao? Una sa lahat, sinusubok ng hindi-kailanman-susuko na mentalidad ang mga hangganan at instinto ng mga tao. Halimbawa, sa isang larangan ng palakasan, gumawa ng tatlong sunud-sunod na pag-ikot ang isang tao at hindi ito makayanan ng puso niya, at sinabi niya, “Hindi ako kailanman susuko. Dapat kong subukin ang aking mga hangganan at higitan ang Guinness World Record. Gagawa ako ng sampung pag-ikot!” Bilang resulta, nang ginagawa niya ang kanyang ikawalong pag-ikot, namatay siya. Paano kung wala siya nitong mentalidad na nag-uudyok sa kanya para gawin ito? (Gagawin niya ito ayon sa kanyang mga kakayahan.) Tama iyan. Ano ang hinihingi ng Diyos na gawin ng mga tao? Hinihingi ng Diyos na mamuhay ang mga tao sa normal na pagkatao, at pinapayagan ang mga tao na magkaroon ng kahinaan. May hangganan sa kung ano ang kayang tiisin ng pisikal na instinto at mga organo ng mga tao. Dapat maging malinaw ang mga tao sa kung anong antas ang kaya nilang makamit. Malinaw ba sa taong iyon ang mga kahihinatnan ng kanyang paggawa ng sampung sunud-sunod na pag-ikot? Hindi ito malinaw sa kanya, at ginawa niya ito nang hindi pinag-iisipan at sinubok ang kanyang mga hangganan, kaya sino ang dapat sisihin sa kanyang kamatayan? (Siya ang dapat sisihin.) Ang pinagmulan ng kanyang pagsubok na gumawa ng sampung pag-ikot ay na lagi siyang inuudyukan ni Satanas, sinasabi, “Hindi ka dapat kailanman susuko. Kahiya-hiya ang pagsuko pagkatapos lang ng limang pag-ikot. Dapat walo ang gawin mo!” Nag-isip siya nang mabuti, “Hindi rin sapat ang walo. Sampu ang gagawin ko!” Bilang resulta, matapos gawin ang ikawalong pag-ikot, tumigil sa pagtibok ang kanyang puso at tumigil ang kanyang paghinga. Hindi ba’t pinaglaruan siya ni Satanas? Siyempre, ginagamit lang natin ito bilang halimbawa; maaaring may tao na kayang gumawa ng dalawampung pag-ikot nang walang problema. Kapag mayroon ang mga tao nitong hindi-kailanman-susukong kalooban na lumaban, lumalaban sila nang pabalik-balik at nauuwing sinasayang ang buhay nila. Isang medyo mas mabuting pangyayari ay kung sinayang lang nila ang buhay nila, pero hindi sila gumawa ng anumang kasamaan. Sa gayon maaaring may pagkakataon pa rin sila na muling isilang bilang isang tao sa kanilang susunod na buhay, at matitikman kung paano maging isang tao muli. Gayumpaman, ilang tao ang nakagawa ng malaking kasamaan at nagbunga ito ng kapahamakan, kaya dapat silang magbayad ng matinding halaga para dito nang ilang habambuhay; dapat patuloy silang bumawi para dito, at dumanas ng paghihirap sa bawat buhay. Kung hindi sila babawi sa lahat ng ito sa buhay na ito, may susunod pa ring buhay, at hindi alam kung ilang buhay ang kakailanganin nila para makabawi sa lahat ng ito. Ito ang resulta.

Kapag bigo ang ilang tao sa pangangaral ng ebanghelyo, tumatanggi silang tanggapin ito, at sinasabi nila, “Hindi ako kailanman sumusuko. Hindi ko napagbalik-loob ang sinuman sa pagkakataong ito—nabigo ako. Hindi ako puwedeng mabigo sa susunod. Talagang dapat maging saksi ako para sa Diyos, at maging isang lalaking anak na nagtatagumpay!” Mabuti na taglay ng mga tao ang kapasiyahang ito, pero paano

naman ang katunayan na sila ay may kakayahang magsabi ng mga salitang “huwag kailanman susuko”? Anong disposisyon ito? Hindi ba’t disposisyon ito ng arkanghel? Idinulot ba ng Diyos na magpatotoo sila sa ganitong paraan? Nauunawaan ba nila ang katotohanan? Pagpapatotoo ba tungkol sa Diyos ang kanilang ginagawa? Ang ginagawa nila ay sumisira sa dangal ng Diyos. Anong uri ng mga tao ang mga ito sa tingin ninyo? (Mga hangal.) Mga hangal sila. Hindi nila nauunawaan ang katotohanan, pero sinasabi nilang nagpapatotoo sila tungkol sa Diyos—mabuti na sana ito kung hindi nila sinisira ang dangal ng Diyos. Anong uri ng mga salita ang “huwag kailanman susuko”? Ano ang ibig sabihin ng mga salitang ito? Ang hindi kailanman pagtanggap ng pagkabigo ang ibig nilang sabihin. Ang totoo, nabigo ang mga taong ito, pero iniisip nila na nakamit nila ang mental na tagumpay sa hindi pagtanggap ng pagkabigo. May mataas na pagtingin ang lahat ng walang pananampalataya sa uri ng mentalidad kung saan patuloy na lumalaban ang mga tao pagkatapos ng maraming pagkabigo, at mas lumalakas ang loob habang mas marami silang kabiguang kinakaharap. Kung dati ay may ganito kang mentalidad, at sumandig sa ganitong uri ng mentalidad para lumaban para makamit ang isang layon, hindi ba’t kahiya-hiya ito? Aling mga aspekto ng tiwaling disposisyon ng mga tao ang pangunahing ipinapakita ng mga salitang “huwag kailanman susuko”? Aling mga aspekto ng diwa ng mga tao ang kayang katawanin ng mga salitang ito? Hindi ba’t ang ganitong mga tao—na mas pipiliin na mamatay kaysa sumuko at na mamamatay bago tanggapin ang pagkatalo—ay mapagmataas at walang katwiran? Ang katunayan na maaaring maging mapagmataas ang mga tao sa ganitong antas, at mas pipiliin na mamatay kaysa tumanggap ng pagkatalo, ay hindi lang isang problema ng kawalan ng katwiran; medyo kulang din sila sa katalinuhan, parang mga desperado. Sinasabi ng ilang tao, “Dahil ba bata sila at mapusok?” Mayroong koneksiyon. May isang tanyag na kasabihan sa lipunan: “Kailangan mong itaya ang lahat para manalo.” Naglalarawan ito ng mentalidad ng mga kabataan ng pagtaya ng lahat, parang magagaliting kabataan. “Kung handa kang itaya ang iyong buhay, makakamit mo ang anumang bagay”—ito ang hindi-kailanman-susukong mentalidad. May ganitong uri ba ng espiritu ang matatanda? Mayroon din sila. Tingnan ninyo, ang mundo ng politika ay halos binubuo ng mga may-gulang na at nakatatanda—matindi ang alitan! May mga tiwaling disposisyon ang mga tao at nabubuhay ayon sa kanilang mga tiwaling disposisyon. Mayroon silang lahat ng ganitong uri ng mentalidad humigit-kumulang. Wala itong masyadong kinalaman sa kung sila man ay matanda o bata, pero direkta itong nakaugnay sa kanilang disposisyon. Kung nananampalataya kayo sa Diyos at nauunawaan ang katotohanan, makikita ninyo nang malinaw ang bagay na ito, at malalaman na hindi naaayon sa mga katotohanang prinsipyo ang ganitong uri ng mentalidad, at na isang tiwaling disposisyon ito. Kung hindi mo nauunawaan ang katotohanan, hindi mo makikita nang malinaw ang usapin na ito at iisipin mo, “Magandang magkaroon ng kahandaang lumaban; ito ay nararapat. Paano mabubuhay ang mga tao kung wala silang kaunting kahandaan na lumaban? Kung wala silang kaunting kahandaan na lumaban, walang

anumang espiritung maiiwan sa kanila para mabuhay. Kung gayon, ano pa ang kabuluhan ng mabuhay? Tinatanggap nila ang bawat di-kanais-nais na sitwasyon—napakahina at napakaduwa naman niyon!” Iniisip ng lahat ng tao na dapat silang lumaban para sa dignidad hangga’t nabubuhay sila. Paano sila lumalaban para sa dignidad? Sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa salitang “laban.” Anuman ang sitwasyong kinakaharap nila, sinusubukan nilang makamit ang kanilang mga layon sa pamamagitan ng pakikipaglaban. Ang mentalidad ng hindi kailanman pagsuko ay nagmumula sa salitang “laban.” Ang bagay na pinakadinadakila ng mga ateista ay isang espiritu ng pakikipaglaban. Nakikipaglaban sila sa Langit; nakikipaglaban sila sa mundo; nakikipaglaban sila sa ibang mga tao—ito ang bagay na pinakanagpapasaya sa kanila. Sa palagay nila ay kung mas may kakayahang makipaglaban ang isang tao, mas may kabayanihan ito—puno ng kaloobang lumaban ang mga bayani. Dito umusbong ang mentalidad ng hindi kailanman pagsuko; ito ang pusod ng pakikipaglaban. Ang lahat ng uri ng demonyo na kay Satanas ay hindi kailanman tinanggap ang katotohanan, kaya ayon sa ano sila nabubuhay? Nabubuhay sila ayon sa satanikong pilosopiya ng pakikipaglaban. Sa pang-araw-araw nilang buhay ay nakikipaglaban sila. Anuman ang kanilang ginagawa, palagi nilang sinisikap na makamit ang tagumpay sa pamamagitan ng pakikipaglaban, at ipinagyayabang nila ang kanilang tagumpay. Sinisikap nilang lumaban para sa dignidad sa lahat ng kanilang ginagawa—matatamo ba nila ito? Para sa ano ba mismo sila nakikipagkompetensiya at nakikipaglaban? Ang lahat ng kanilang pakikipaglaban ay para sa kasikatan, pakinabang, at katayuan; ang lahat ng kanilang pakikipaglaban ay para sa kanilang pansariling interes. Bakit sila nakikipaglaban? Ito ay para umakto silang bayani at matawag na mahusay na tao. Gayumpaman, ang pakikipaglaban nila ay dapat magtapos sa kamatayan, at dapat silang maparusahan. Walang duda rito. Saanman mayroong mga Satanas at mga demonyo, mayroong pakikipaglaban; kapag sa wakas ay nawasak na sila, magwawakas din ang labanan. Ito ang magiging kinalabasan ng mga Satanas at ng mga demonyo.

Dapat bang linangin at isulong ang mentalidad ng pagkakaroon ng isang hindi-kailanman-susukong kalooban na lumaban? (Hindi.) Kung gayon, paano ito dapat harapin ng mga tao? (Dapat itong talikuran ng mga tao.) Dapat itong kilatisin, kondenahin, at talikuran ng mga tao. Ang pariralang ito ay hindi ang katotohanan, at hindi ito isang pamantayan na dapat sundin, lalong hindi isang hinihingi ng Diyos para sa sangkatauhan. Wala itong koneksiyon sa mga salita ng Diyos, at walang koneksiyon sa mga hinihingi ng Diyos para sa mga tao. Ano ang hinihingi ng Diyos sa mga tao? Hindi kailangan ng Diyos na magkaroon ka ng isang hindi-kailanman-susukong kalooban na lumaban. Ang kailangan ng Diyos ay maunawaan ng mga tao ang sarili nilang tiwaling diwa, malaman kung anong uri ng tao sila, anong klase ng tao sila, ano ang kulang sa kanila, kung mataas o mababa ang kanilang kakayahan, ano ang kanilang abilidad na makaarok, kung sila ay taong tunay na nagmamahal sa Diyos, at kung sila ay taong nagmamahal sa katotohanan. Kailangan ng Diyos na tumpak mong maunawaan ang iyong sarili sa

ganitong mga paraan, pagkatapos ay gawin ang kaya mo ayon sa sarili mong tayog at ayon sa iyong taglay na kakayahan, sa abot ng makakaya mo. Nilalaman ba nito ang kahulugan ng “pakikipaglaban”? (Hindi.) Hindi mo kailangang lumaban. Sinasabi ng ilang tao, “Hindi ko ba puwedeng labanan ang aking tiwaling disposisyon?” Kaya bang mapagtagumpayan ang iyong tiwaling disposisyon sa pamamagitan ng pakikipaglaban? Mababago ba ito sa pamamagitan ng pakikipaglaban? (Hindi.) Hindi, hindi ito mababago. Sinasabi ng ilang tao, “Puwede ko bang labanan ang masasamang puwersa ni Satanas? Puwede ko bang labanan ang mga anticristo? Puwede ko bang labanan ang masasamang tao, mga taong may mga buktot na disposisyon, at mga taong nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan?” Tiyak na hindi ito ayos. Bakit hindi ito ayos? Hindi pagsasagawa ng katotohanan ang pakikipaglaban sa ganang sarili nito. Kailan sinabi ng mga salita ng Diyos: “labanan ang mga anticristo,” “labanan ang mga Pariseo,” “labanan ang mga mapagpaimbabaw,” o “labanan ang iyong mga tiwaling disposisyon”? Sinabi ba ng Diyos ang mga bagay na ito? (Hindi.) Sa kabaligtaran, sa lipunan, sa satanikong mundong ito, may mga pakikipaglaban sa mga may-ari ng lupa, mga pakikipaglaban sa mga taong may-hawak ng kapangyarihan, at mga pakikipaglaban sa mga intelektuwal, gayundin ang mga labanan sa pagitan ng masa, mga sabong, mga labanan ng mga aso, mga huwego-de-toro, at iba pa. Gayunman, wala sa mga ito ang mabubuting bagay. Ang pakikipaglaban ay isang taktika kung saan pinipinsala ni Satanas ang mga tao at dinudulutan ng kalamidad ang mga nabubuhay na bagay. Hindi nito hinahayaan na payapang umiral nang magkasama ang sangkatauhan. Sa halip, lumilikha ito ng mga pagkakaiba-iba sa pagitan ng mga tao, at pagkamuhi sa pagitan ng mga tao, pagkatapos ay nagsasanhi ito na mag-away-away ang mga tao at magpatayan habang pinapanood nito ang kasayahan at kaguluhan mula sa gilid. Bilang satanikong pag-uugali ito, kung lumilitaw ang ilang pag-uugali, kaganapan, o usapin sa iglesia at sa sambahayan ng Diyos na may kinalaman sa pakikipaglaban, paano ninyo titingnan ang mga bagay na ito? Itataas ba ninyo ang inyong hinlalaki bilang pagsuporta at pagsang-ayon, o pipigilan ito? (Pipigilan ito.) Dapat ninyong pigilan ito, ipaliwanag sa kanila nang malinaw ang mga bagay-bagay, ipaunawa sa kanila, at sabihin sa kanila na dapat nilang gawin ang mga bagay-bagay ayon sa katotohanan, gawin ang mga bagay-bagay nang naaayon sa mga prinsipyo, at kumilos nang may ganap na pagkakaayon sa mga salita ng Diyos. Puwede ninyo rin silang pungusan, pero ang pagpupungos, pagsaway, at maging ang pagdidisiplina sa kanila ay hindi pakikipaglaban. Ano ang tinutukoy ng pakikipaglaban? Ang pakikipaglaban ay pakikipagtalo sa ibang mga tao sa kung ano ang totoo at hindi totoo tungkol sa isang bagay dahil sa pagkamainitin ng ulo, pakikipagdiskusyon sa mga tao at pagiging hindi makatwiran, pag-aalboroto, maging paggamit pa nga ng mga lihim na pakana at mga mapanlinlang na balak, o paggamit ng mga taktika, pamamaraan at diskarte ng tao para puwersahing magpasakop ang isang tao, talunin siya, at paulit-ulit siyang pahirapan hanggang sumuko siya. Tinatawag itong pakikipaglaban. Ang pakikipaglaban ay purong isang uri ng pag-uugali at kilos na mainitin ang ulo, at ito rin

ay purong isang uri ng satanikong pag-uugali, pamamaraan at diskarte ng paggawa ng mga bagay-bagay. Wala itong kinalaman sa katotohanan. Sinasabi ng ilang tao, “Paanong mali kapag nag-aalsa at lumalaban ang hinirang na mga tao ng Diyos sa mga taong tulad ng mga huwad na lider, anticristo, Pariseo at masamang tao? Hindi ba’t isang mabuting bagay na labanan sila hanggang sumuko sila, o mapaalis? Kung gayon, hindi ba’t magiging kalmado ang sambahayan ng Diyos? Kung gayon, hindi ba’t payapang makapagpapatuloy ang mga kapatid sa kanilang buhay iglesia? Bakit hindi tayo pinapayagang lumaban sa mga taong ito?” Tama bang labanan ang mga taong ito? Una sa lahat, isang bagay ang tiyak, at iyon ay na mali ang pakikipaglaban. Bakit mali ito? Pinaparusahan at kinokondena ng Diyos ang mga masamang tao, kaya anong silbi kung labanan sila ng mga tao? Paanong mali kapag pinapahiya sila ng mga tao, pinupuna sila at pinapahirapan sila kapag wala silang magawang mas mabuti, binubulyawan sila, pinapabagsak sila sa lupa at pinipintasan sila? Nagtatakda ang Diyos ng mga atas administratibo, at sa mga atas na iyon ay walang mga tuntunin na nauukol sa pakikipaglaban. Nagtatakda lang ang Diyos ng mga atas administratibo, kung saan may mga pamamaraan at prinsipyo para sa pangangasiwa ng bawat uri ng tao. Sinasabi ng mga atas sa mga tao kung aling uri ng mga tao ang dapat patalsikin, aling uri ng mga tao ang dapat paalisin, aling uri ng mga tao ang dapat tanggalin, aling uri ng mga tao ang dapat linangin, aling uri ng mga tao ang dapat gamitin, aling uri ng mga tao ang hindi dapat gamitin, aling uri ng mga tao ang maliligtas, at aling uri ng mga tao ang hindi maliligtas. Sinasabi lang ng Diyos sa mga tao ang mga prinsipyo. Samakatwid, bilang mga tao, paano ninyo dapat unawain ang mga salitang ito ng Diyos? Lahat ng salitang ito ng Diyos ay ang katotohanan. Ano ang katotohanan? Ito ay na kapag ang Diyos ay gumagawa ng anumang bagay o nakikitungo sa anumang uri ng tao, kahit na isang masamang tao ito, na nakagawa ng masasamang bagay, na nagdudulot ng labis na kawalan sa gawain at mga interes ng sambahayan ng Diyos, gagamitin pa rin ng Diyos ang Kanyang mga pamamaraan para pangasiwaan ito; talagang hindi Siya gagamit ng anumang mga sataniko o mainitin ang ulong pamamaraan para pangasiwaan ito. Ano ang tawag dito? Tinatawag itong patas na pagtrato sa mga tao. Mayroon bang nakapaloob na pakikipaglaban sa pagiging patas na ito? Wala. Ito ba ang katotohanan? (Oo.) Kahit gaano kamainitin ang ulo, gaano kasataniko, at gaano kasama ang taong ito, tinatanggap natin ang mga salita ng Diyos bilang pinakamataas na tagubilin, at bilang mga tumpak na prinsipyo na gagamitin para pangasiwaan siya. Hindi natin siya tinutuligsa, o pinagtutulungan dahil sa pagkamainitin ng ulo; talagang hindi natin ginagawa ang ganoong uri ng bagay. Ito ang tinatawag na patas na pagtrato sa mga tao, at ito ang mga prinsipyo na ibinigay ng Diyos sa mga tao.

Sa mundo ng Silangan, naroon ang tiyak na pariralang “kaloobang hindi kailanman susuko sa laban.” Sa mundo ng Kanluran, maaaring may isang parirala na may parehas na kahulugan. Hangga’t ginawa silang tiwali ni Satanas at namumuhay sa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas, may satanikong disposisyon ang bawat tao, partikular na

mapagmataas at mapagmagaling, at hindi sumusuko sa kanino man. Kapag itinutulak sila nitong uri ng disposisyon na ito, tiyak na lilitaw ang isang hindi-kailanman-susukong mentalidad at paraan ng pag-iisip sa mga tao. Nakikita ng lahat ng tao ang ganitong uri ng pag-iisip at mentalidad na ipinapahayag ng sangkatauhan bilang marapat, positibo, at bilang isang bagay na sapat para suportahan ang mga tao habang nagpapatuloy sila sa kanilang paglalakbay at patuloy na nabubuhay. Kahit gaano kamarapat nilang tinitingnan itong tinatawag na mentalidad at pag-iisip na ito, at gaano ito kamarapat gaya ng sinasabi nila, dapat magkaroon tayong lahat ng pagkilatis dito. Sa buong sangkatauhan, wala ni isang lahing pinaghaharian ng katotohanan. Gaano man kataas, kaluma, o kahiwaga ang mga ideya o tradisyonal na kulturang nabuo ng isang lahi, o ang edukasyong natanggap, o ang kaalamang tinataglay nito, isang bagay ang tiyak: Wala sa mga bagay na ito ang katotohanan, o may anumang kaugnayan sa katotohanan. Sinasabi ng ilang tao, “Ang ilan sa mga moralidad, o mga kuru-kuro sa pagsukat ng tama at mali, wasto at hindi wasto, itim at puti, na nakapaloob sa tradisyonal na kultura ay tila medyo malapit sa katotohanan.” Ang katunayang tila malapit sa katotohanan ang mga ito ay hindi nangangahulugan na malapit ang mga ito rito sa kahulugan. Ang mga kasabihan ng tiwaling sangkatauhan ay nagmumula kay Satanas, hindi kailanman katotohanan ang mga ito, samantalang ang mga salita ng Diyos lang ang katotohanan. Kaya, gaano man kalapit sa mga salita ng Diyos ang ilan sa mga salita ng sangkatauhan, hindi katotohanan ang mga iyon at hindi maaaring maging katotohanan ang mga iyon; walang duda rito. Magkalapit lamang ang mga ito sa pananalita at pagpapahayag, ngunit ang totoo, hindi magkatugma ang mga tradisyonal na kuru-kurong ito sa mga katotohanan ng mga salita ng Diyos. Bagama’t maaaring medyo malapit ang literal na kahulugan ng mga salitang ito, hindi pareho ang pinagmulan ng mga ito. Ang mga salita ng Diyos ay nagmumula sa Lumikha, samantalang ang mga salita, ideya, at pananaw ng tradisyonal na kultura ay nagmumula kay Satanas at sa mga demonyo. Sinasabi ng ilang tao, “Ang mga ideya, pananaw, at bantog na mga kasabihan ng tradisyonal na kultura ay kinikilala ng buong mundo na positibo; kahit kasinungalingan at baluktot na pangangatuwiran ang mga ito, maaari bang maging katotohanan ang mga ito kung itinataguyod ng mga tao ang mga iyon sa loob ng ilang daan—ilang libong—taon?” Hinding-hindi. Ang gayong pananaw ay kasingkatawa-tawa ng pagsasabi na ang mga unggoy ay naging mga tao. Ang tradisyonal na kultura ay hindi kailanman magiging ang katotohanan. Ang kultura ay kultura, at gaano man ito karangal, isang bagay lamang ito na medyo positibong nilikha ng tiwaling sangkatauhan. Ngunit ang pagiging positibo ay hindi katumbas ng katotohanan, ang pagiging positibo nito ay hindi pamantayan; medyo positibo lamang iyon, at wala nang iba. Kaya malinaw na ba ngayon sa atin kung sa likod nitong “pagiging positibo” ay mabuti o masama ang epekto ng tradisyonal na kultura sa sangkatauhan? Walang duda, masama at negatibo ang epekto nito sa sangkatauhan.

Ngayon hinimay natin ang kasabihang “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo.”

Isa itong uri ng pilosopiya para sa mga makamundong pakikitungo. Hinimay rin natin ang bantog na idyoma na may makasaysayang pinagmulan “Pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo.” Hindi pa ba sapat ang dalawang pariralang ito para bigyan kayo ng bagong pagkaunawa sa tradisyonal na kultura ng sangkatauhan at mga pilosopiya para sa mga makamundong pakikitungo? Ano nga ba ang diwa ng tradisyonal na kultura at mga pilosopiya para sa mga makamundong pakikitungo? Una, makakatiyak ka na talagang hindi positibo ang mga bagay na ito. Lumilitaw ang mga ito mula sa mga tiwaling disposisyon ng mga tao—si Satanas ang pinagmulan ng mga ito. Ano ang kanilang idinudulot sa sangkatauhan? Nililihis, ginagawang tiwali, at iginagapos at pinipigilan ng mga ito ang sangkatauhan. Tiyak ito at walang duda. Lahat ng idinudulot ng mga ito sa sangkatauhan ay negatibong impluwensiya at negatibong epekto, kaya ang mga ito ba ang katotohanan? (Hindi.) Hindi ang mga ito ang katotohanan, pero itinatalaga pa rin ng sangkatauhan ang mga ito bilang ang katotohanan. Ano ang nangyayari dito? Nailihis ang mga tao. Dahil ang mga tao ay hindi naligtas ng Diyos, hindi nauunawaan ang katotohanan, at hindi narinig ang mga tumpak na bagay na sinasabi ng Diyos tungkol sa ganitong uri ng mga parirala at usapin, tinatanggap nila sa huli ang mga ideya at pananaw na, ayon sa kanilang mga kuru-kuro, sa tingin nila ay medyo tama, mabuti, at tumutugma sa kanilang kalooban. Unang pumasok sa puso nila ang mga bagay na ito at namayani roon, kaya kumakapit ang mga tao sa mga iyon sa loob ng daan-daan at libo-libong taon. Ang mga tradisyonal na kulturang ito, na mga satanikong pilosopiya, ay matagal nang nag-ugat sa puso ng mga tao, inililihis at iniimpluwensiyahan ang sali’t salinlahi ng mga tao. Kung hindi ninyo tatanggapin ang katotohanan, patuloy kayong mailililihis at maiimpluwensiyahan ng mga pilosopiyang ito. Ngayon, naghimay at nagbahagi Ako tungkol sa “Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdudahan mo” at “Pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo.” Isang kasabihan ang isa sa mga pariralang ito, isang idyoma naman ang isa pa. Sa dalawang pariralang ito ay makikita natin kung ano nga ba ang satanikong kultura sa buong mundo: Binubuo ito ng mga maling paniniwala at baluktot na pangangatuwirang nanlilihis sa mga tao, ginagawang tiwali ang mga tao, nakakasira sa mga tao, at pumipinsala sa mga tao. Kung susundin ng sangkatauhan ang mga pilosopiyang ito ni Satanas, habang dumaraan sila sa buhay, lalo lang magiging mas tiwali at buktot ang mga tao; magpapatayan sila, maglalaban-laban, at wala itong magiging katapusan. Hindi magkakaroon ng tiwala sa pagitan ng mga tao, hindi magkakaroon ng maayos na pag-iral nang magkasama, at hindi magkakaroon ng pagmamahalan sa isa’t isa. Sa madaling salita, ang idinudulot ng kulturang ito sa sangkatauhan ay masasamang kahihinatnan. Sa ilalim ng panunulsol ng mga tinatawag na ideya at mentalidad na ito, palagi nitong pinagagawa ng masama ang sangkatauhan, palaging pinalalaban sa Diyos, palaging sinusubok ang mga moral na hangganan ng mga tao, at ginagamit ang anumang paraan para makamit ang kanilang mga layon. Sa huli, susundan nila ang landas ng pagwasak at mapaparusahan.

Ito ang diwa ng kultura ng tao. Tungkol sa mga kasabihan, ano ang pananaw ninyo sa mga ito? Maaaring sabihin ng ilang tao, “Hindi mga tunay na ideya ang mga ito na itinataguyod ng sangkatauhan. Hindi sumusunod sa mga ito ang mga tao sa mataas na lipunan na nagtataglay ng medyo mataas na antas ng kabatiran.” Ngayon lang, hinimay natin ang isang idyoma na sinasang-ayunan ng mga tao sa mataas na lipunan, “pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo.” Mataas-na-antas ba ang idyomang ito? (Hindi.) Hindi ito mataas-na-antas, pero ang idyomang ito, ang mga ideyang ito at ang mga mentalidad na ito ay tiyak na pinupuri at itinataguyod ng lahat sa bawat paaralan pagkatapos ng sekondarya, at sa bawat mataas-na-antas na arena ng lipunan ng tao. Ito ang kultura ng tao. Ang sangkatauhan ay nakondisyon, namanhid, at ginawang tiwali ng mga aspektong ito ng tradisyonal na kultura. At ano ang huling resulta? Na ang sangkatauhan ay nailihis, napigilan, at naigapos ng tradisyonal na kultura, at likas na lumilitaw ang isang uri ng mentalidad at teorya, na itinataguyod at ikinakalat ng sangkatauhan, malawakang ipinapasa at ipinapatanggap sa mga tao. Sa huli, binibihag nito ang puso ng lahat, ipinapag-endorso sa lahat ang ganitong uri ng mentalidad at ideya, at ginagawang tiwali ng ideyang ito ang lahat. Kapag sila ay nagawang tiwali sa isang tiyak na antas, wala nang anumang mga kuru-kuro ang mga tao tungkol sa tama o mali; hindi na nila gustong kilatisin kung ano ang katarungan at kung ano ang kabuktutan, ni hindi na nila handang kilatisin kung ano ang mga positibong bagay at ano ang mga negatibong bagay. Darating pa nga ang isang araw na hindi malinaw sa kanila kung totoong tao sila, at maraming baluktot na taong hindi alam kung lalaki o babae sila. Gaano kalayo mula sa pagwasak ang isang lahi ng tao na tulad nito? Paano maikukumpara ang sangkatauhan ngayon sa mga tao sa panahon ni Noe? Hindi ba’t mas buktot pa sila? Naabot na nila ang tugatog ng kabuktutan, at napakabuktot nila na may ilang bagay na hindi ninyo kayang pakinggan—masusuklam kayo pagkatapos ninyo itong marinig. Ang lahat ng tao ay may kanya-kanyang antas ng pagiging baluktot. Mula sa labas, mukhang tao ang katawan ng mga tao, pero ang mga bagay na iniisip nila sa puso nila ay talagang hindi ang mga bagay na dapat iniisip ng mga tao; baluktot silang lahat at walang kakayahang baguhin ang sarili nila. Ano ang ibig Kong sabihin na wala silang kakayahang baguhin ang sarili nila? Ibig Kong sabihin na marahil isa o dalawandaang taon ang nakakaraan, mas maraming tao ang handang makinig sa Diyos na magsalita at gumawa ng mga pagbigkas. Nagtiwala silang umiral ang katarungan sa mundong ito, gayundin ang pagiging matuwid at pagiging patas. Handa ang mga tao na tanggapin ang ganitong katunayan, at inasam nilang maisakatuparan ito. Lalo na, umasa silang darating ang araw na darating ang Tagapagligtas na magliligtas sa sangkatauhan mula sa impluwensiya ng kadiliman at kabuktutan. Gayumpaman, isa o dalawandaang taon ang lumipas, pakaunti nang pakaunti ang ganitong mga tao. Gaano karaming tao ang nakakaunawa sa mga salita ng Diyos? Gaano karaming tao ang kayang tumanggap ng katotohanan? Kahit na maraming tao ang tumanggap ng biyaya ng Diyos, ano ngayon? Mas bumababa ang bilang ng mga tao na tunay na sumusunod sa Kanya. Ibig sabihin, sa lahi ng tao,

pakaunti nang pakaunti ang mga tao, na pagkatapos marinig ang mga salita ng Diyos, ay nagkakaroon ng motibasyon, may kakayahang magmahal ng mga positibong bagay, nananabik sa liwanag, nananabik sa katarungan, at nananabik sa pagdating ng kaharian ng Diyos, pagiging patas at pagiging matuwid. Ano ang ipinapakita nito? Na inilihis at ginawang tiwali ng mga pilosopiya, batas, ideya, at ng mga tinatawag na mentalidad ni Satanas ang buong lahi ng tao. Hanggang saan sila inilihis at ginawang tiwali? Tinanggap ng lahat ng tao ang mga baluktot na pangangatuwiran at malademonyong kasabihan ni Satanas bilang ang katotohanan; sinasamba nilang lahat si Satanas at sinusunod si Satanas. Hindi nila nauunawaan ang mga salita ng Diyos, ang Lumikha. Kahit ano pa ang sabihin ng Lumikha, kahit gaano karami ang Kanyang sinasabi, at gaano kaliwanag at kapraktikal ang Kanyang mga salita, walang nakakaunawa; walang nakakaarok. Manhid at mapurol silang lahat, at magulo ang kanilang pag-iisip at isipan. Paano nagulo ang mga ito? Si Satanas ang gumulo sa mga ito. Lubusang ginawang tiwali ni Satanas ang mga tao. Sa lipunan ngayon, mayroong lahat ng uri ng iba't ibang ideya, ideyolohiya, at pahayag. Naniniwala ang mga tao sa kung alinman ang kanilang pinipili, at sinusunod ang kung alinman ang kanilang pinipili. Walang makapag-uutos sa kanila kung ano ang gagawin, ni walang may kakayahang mag-utos sa kanila kung ano ang gagawin. Hanggang sa ganitong antas ito. Kaya ang katunayan na kaya ninyong piliing manampalataya sa Diyos ay isang biyaya. Ngayon, kaya ninyong maunawaan ang sinasabi ng Diyos, nakararamdam kayo ng kaunting konsensiya, nananampalataya kayo sa sinasabi ng Diyos, inaasam na dumating ang kaharian ng Diyos, at inaasam na mamuhay sa isang kaharian ng liwanag, katarungan, pagiging patas, at pagiging matuwid. Bihira ba para sa inyo ang magkaroon ng ganitong sinseridad? Paano niyo ito nakuha? Sa pamamagitan ito ng proteksiyon ng Diyos at ng Banal na Espiritu na gumagawa sa iyo para bigyan ka ng kalinawan na kaya mong manampalataya sa Diyos at sumunod sa Kanya. Kung hindi gumawa ang Diyos sa inyo, makakarating ba kayo ngayon dito bilang isang mananampalataya? Nagbago ba kayo sa paraang mayroon kayo ngayon? Tingnan mo lang, may wangis ng tao pa rin ba ang mga walang pananampalatayang iyon? Maaaring hindi mo maunawaan ang maraming katotohanan ngayon, at sa maraming kaso ang mga pananaw mo ay parehong-pareho pa rin sa mga walang pananampalataya—ano man ang iniisip nila, iyon din ang iniisip mo. Bagaman minsan hindi mo tinatanggap ang ilan sa kanilang pananaw, wala kang pagkilatis, at walang ibang landas na tatahakin. Kapag dumating ang araw na nauunawaan mo ang katotohanan, makikilatis mo na mali at buktot ang kanilang mga pananaw, at matatanggihan ng puso mo ang mga ito. Pagkatapos, malinaw mong makikita ang kanilang mga malademonyong mukha. Makikita mo na sila ang mga buhay na demonyo, hindi mga tao. Nagbabalatkayo sila bilang mga tao, pero hindi gumagawa ng mga bagay ng tao. Paano mo masasabing ito ang kaso? Ang mga salitang ipinapahayag nila ay lalo nang kaaya-aya sa pandinig at kayang ilihis ang mga tao, pero labis na buktot at hindi kaaya-aya ang kanilang ginagawa at isinasakatuparan, at ito ay talagang walang

kahihiyan at hindi makatwiran. Ang mga tinatawag na ideya at mga tinatawag na mentalidad na kanilang kinakapitan ay labis na buktot at reaksiyonaryo, ganap na sumasalungat sa mga salita ng Diyos at sa katotohanan, at ganap na mga kasalungat ng mga salita ng Diyos at ng katotohanan, pero tinatanggap ng mga taong ito ang mga huwad na pangangatwiran at maling paniniwalang ito bilang ang katotohanan at matinding ipinahahayag ang mga ito, puspusan at hayagang itinataguyod ang mga ito para ilihis at gawing tiwali ang sangkatauhan, para mapagtakpan nila ang kanilang iba't ibang napakababa at walang kahihiyang krimen at mga hindi kaaya-ayang mukha. Mula rito, malinaw mong makikita na demonyo silang lahat, gayundin mga hayop at maruming espiritu na hindi mapangatwiran. Hindi mo sila makakausap nang may katwiran, at hindi ka makakapagsabi ng mga mabuti o tunay na salita sa kanila. Kapag dumating ang araw na makakakita ka nang may ganitong antas ng kalinawan, malalaman mong ginawang tiwali nang napakalalim ang sangkatauhan; na ikaw ay kasingtiwali lang ng ibang mga tao; na sa kasalukuyang panahon lang kung kailan nananampalataya ka sa Diyos at nauunawaan ang ilang katotohanan na maaari mong maisabuhay ang kaunting wangis ng tao, kumawala mula sa impluwensiya ng mga demonyo at ni Satanas, at makilatis ang mga ito, kamuhian ang mga ito, at talikuran ang mga ito; na kung wala ang pagliligtas ng Diyos, magiging katulad ka rin nila—walang magiging pagkakaiba—at na kaya mong gumawa ng anumang uri ng masama o buktot na bagay. Ngayon hinahangad mo ang katotohanan, labis na gumagawa at nagsisikap para sa katotohanan, binibigyan ng pagpapahalaga ang pagsasagawa, at ginagawang sarili mong realidad ang katotohanan. Kapag nauunawaan mo ang katotohanan, naisasagawa ang katotohanan, naisasabuhay ang realidad ng mga salita ng Diyos, at tinataglay ang tunay na patotoong batay sa karanasan, magiging masaya at mapayapa ang iyong puso, magiging mas normal ang iyong pag-iisip at kalagayan, magiging mas malapit at magiging mas normal ang iyong kaugnayan sa Diyos, at magiging mas mabuti ang iyong mga araw. Kung hindi mo isinasagawa ang katotohanan, palaging namumuhay ayon sa mga satanikong pilosopiya, at palaging hindi nauunawaan ang Diyos at pinaghihinalaan Siya, mas mapapalayo ang iyong puso sa Diyos, mawawalan ng kabuluhan ang iyong pananampalataya sa Diyos, at wala kang makakamit. Kahit nanampalataya ka pa sa Diyos nang maraming taon, nakakaunawa ng maraming salita at doktrina, at hindi tumatanggap ng iba't ibang nakalililang na kaisipan at pananaw ng mga walang pananampalataya, wala itong silbi. Ito ay dahil hindi mo nauunawaan ang katotohanan at nakakapagsalita ka lang ng ilang salita at doktrina, at hindi mo pa rin maisagawa ang katotohanan. Dahil ang mga bagay na iyon na unang pumasok sa puso mo at namayani roon, ay may kapangyarihan pa rin sa iyo, nakakapamuhay ka lang ayon sa mga bagay na ito. Ano pa man ang nais mong gawin, at ano pa mang sitwasyon ang dumating sa iyo, hindi mo matutulungan ang sarili mo mula sa pagiging kontrolado ng mga satanikong pilosopiyang ito. Kaya, kung may kapangyarihan ang mga satanikong pilosopiyang ito sa puso mo, hindi mo maisasagawa ang katotohanan. Sinasabi ng ilang tao, “Hindi ko isinasagawa ang katotohanan, ni hindi

ko sinusunod si Satanas.” Posible ba ito? Walang gitnang landas. Sa pamamagitan lang ng pagtanggap sa katotohanan, pag-unawa sa katotohanan, at pagpapaalis sa mga satanikong bagay na iyon na unang pumasok sa iyong puso at namayani roon, na magagawa mo ang mga bagay ayon sa katotohanan. Kapag may kapangyarihan ang katotohanan sa iyong puso at may kapangyarihan ang mga salita ng Diyos sa iyong puso, likas mong maisasagawa ang katotohanan sa kung ano ang sinasabi at ginagawa mo.

Ano ang pagtrato ng mga tao sa lohika at mga kaisipan ni Satanas, at sa mga mental na saklay na kumokontrol sa kung paano mamuhay ang mga tao? Sikolohikal na pampalusog? Pampagaan sa kaluluwa? Ang totoo, ito ang mga bagay na nagpapatiwali sa mga tao, at kung “uubusin ang mga ito” ng isang tao, mamamatay siya. Kung patuloy na tinatanggap ng mga tao ang mga bagay na ito at nag-iimbak ng mga satanikong bagay sa loob, ano ang ipinahihiwatig nito? Na hindi pa nila iwinaksi ang kanilang orihinal na tiwaling disposisyon, at patuloy na tinatanggap ang bagong katiwalian mula kay Satanas bilang dagdag. Ibig sabihin nito ay katapusan na nila. Hindi maiiwasan na hindi sila maliligtas. Dapat mong patuloy na kilatisin at tanggihan ang mga bagay na ito, habang patuloy na iwinawaksi ang mga ito, hindi namumuhay ayon sa mga bagay na ito, at tinatanggap ang mga salita ng Diyos. May mga taong nagsasabi, “Hindi ko tatanggapin ang mga bagay na ito. Kusang papasok sa akin ang mga salita ng Diyos.” Hindi ito posible. Dapat aktibo mong hanapin ang katotohanan at tanggapin ang katotohanan, at sa pamamagitan ng proseso ng pag-unawa sa katotohanan, likas mong makakamit ang pagkilatis sa mga huwad na pangangatwiran at maling paniniwala, at unti-unti mong bibitiwan ang mga ito. Sa ganitong paraan, unti-unting magiging mga prinsipyo mo sa paggawa ng mga bagay-bagay ang mga salita ng Diyos, at kapag gumagawa ka ng mga bagay-bagay, malalaman mo kung aling paraan ng paggawa sa mga ito ang naaayon sa mga layunin ng Diyos, napakalikas mong maisasagawa ang katotohanan, at magbabago ang aspektong ito ng iyong tiwaling disposisyon. Mahirap ba itong gawin sa tingin ninyo, o hindi? Sa totoo lang hindi ito mahirap. Ang tanging mahirap na bagay tungkol dito ay na hindi ito isinasagawa ng mga tao. Iniisip ng ilang tao, “Napakahirap nito—mas mahirap kaysa sa pag-akyat sa langit! Hindi ba’t pamimilit ito sa isang isda na mamuhay sa lupa? Hindi ba’t inilalagay ako nito sa isang mahirap na posisyon?” Iyon ba ang kaso? Hindi, hindi iyon ang kaso. Dapat mong harapin nang tama ang mga bagay na ito at magkaroon ka ng tamang pagkilatis sa mga bagay na ito. Ngayon gumugol Ako ng napakahabang oras sa pakikipagbahaginan at paghihimay ng ilang satanikong maling paniniwala, pero ang ilang bagay ba na ito ang tanging mga bagay na nakaimbak sa loob ng mga tao? (Hindi.) Higit na marami pa kaysa sa mga ito! Mamaya, magbabahagi Ako tungkol sa mga paksang ito nang sunod-sunod. Dati, hindi Ako nakapagbahagi tungkol sa aspektong ito, kaya pinagbulayan ba ninyo kailanman sa inyong sarili ang mga paksang ito? Hindi ninyo ginawa. Kung pagbubulayan ninyo ang mga ito, makakakuha ba kayo ng ilang resulta? Kung nagawa ninyong maglaan ng kaunting pagsisikap sa katotohanan, magkakaroon sana kayo ng kaunting pagkilatis sa

mga satanikong maling paniniwala, at hindi kayo magiging ganap na walang-alam tulad ninyo ngayon. Tila biglaan ba ang Aking pagbabahagi tungkol sa mga paksang ito ngayon? Mayroon bang magsasabi, “Hindi ba’t nagbabahaginan tayo tungkol sa pagkilatis ng mga anticristo? Paanong bigla tayong nagbabahagi tungkol sa mga paksang ito?” May kinalaman sa tiwaling disposisyon ni Satanang ang lahat ng bagay na ito. May kinalaman rin ang lahat ng bagay na ito sa pagkilatis ng mga tao sa tiwaling disposisyon ni Satanang, at kapaki-pakinabang sa abilidad ng mga tao na tumpak na maunawaan ang katotohanan. Kahit papaano, pagkatapos magbahaginan, malalaman ng mga tao, “Lumalabas na ang magandang parirala na ito ay hindi ang katotohanan.” Mula sa puntong ito, maaaring maalis sa iyong puso ang mga maling paniniwala gaya ng “Pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo” at “Huwag pagduduhan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo.” Maaaring may ilan sa inyo na hindi kayang alisin ang mga ito sa sandaling ito, pero kahit papaano alam mong ang mga pariralang ito ay hindi ang katotohanan, at sa susunod na marinig mong may magsabi ng mga pariralang ito, malalaman mong mapanlihis ang mga parirala, at hindi mo tatanggapin ang mga ito. Kahit na nararamdaman ng puso mo na medyo tama ang mga parirala, at na mabubuting bagay pa rin ang mga ito na gawin, iisipin mo rin, “Sinabi ng Diyos na ang mga pariralang ito ay hindi ang katotohanan. Hindi ako puwedeng kumilos ayon sa mga ito.” Hindi ba’t kapaki-pakinabang ito sa iyo? (Oo.) Ano ang Aking layon sa pagsasabi ng mga bagay na ito? Bakit Ko hinihimay ang mga pariralang ito nang ganito? Palaging sinasabi ng mga mananampalataya, “Dapat nating isagawa ang katotohanan. Ang lahat ng mga salita ng Diyos ay ang katotohanan. Ang lahat ng salita ng Diyos ay positibong bagay, at ang mga ito ang dapat nating isinasagawa.” Isang araw pupungusan ka, at lilitaw sa puso mo ang mga pariralang “Pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo” at “Kapag igagawad na ng langit ang malaking responsabilidad sa isang tao, dumanas muna dapat ng sakit ang kanyang puso.” Ang mga ito ba ang katotohanan? Hindi ba’t isang biro iyon? Kung hiningi sa iyo na magpatotoo sa Diyos, paano mo ito gagawin? Sasabihin mo, “Dapat magtiis ang mga mananampalataya ng kahihiyan at magbuhat ng isang mabigat na pasanin, matulog sa mga sanga at dumila ng apdo, at kailangang magkaroon ng isang hindi-kailanman-susukong kalooban na lumaban at mentalidad.” Pagpapatotoo ba ito sa Diyos? (Hindi.) Sa pagtrato sa satanikong lohika bilang mga salita ng Diyos at ang katotohanan at sa pagpapatotoo rito, hindi ka lang hindi nagpatotoo sa Diyos nang maayos, kundi naging katatawanan ka kay Satanang at sumira sa dangal ng Diyos. Ano itong ginagawa mo? Kung kokondenahin ka ng Diyos para dito, iisipin mong hindi ito makatarungan, at sasabihin, “Wala akong kaalam-alam. Hindi ko nauunawaan. Hindi kailanman nagbahagi ang Diyos sa akin tungkol dito.” Kung hindi ka Niya kinokondena, pero napakalubha ng kalikasan ng mga kilos mo, ano ang dapat gawin ng Diyos tungkol dito? Ilagay ka sa isang tabi? (Hindi.) Walang kailangang gawin. Sa ganang Akin, ipapaunawa Ko lang sa inyo hangga’t maaari, at ipapaalam sa inyo hangga’t maaari—ayon sa inyong antas ng pag-arok at ayon sa ano ang kaya Kong

sabihin sa inyo—kung ano talaga ang katotohanan, kung ang mga parirala na sa tingin ninyo ay mabuti at tama ay nakaugnay sa katotohanan, at kung ang mga ito ang katotohanan. Dapat Kong maipaunawa sa inyo ang mga bagay na ito. Kung, pagkatapos mong malaman ang mga bagay na ito, pareho pa rin ang iniisip mo, at mapilit ka pa rin, hindi ka ilalagay ng Diyos sa isang tabi, ni hindi ka Niya babalewalain. Karapat-dapat kang kondenahin, at kikilos ang Diyos. Bakit ito gagawin ng Diyos? Kung kikilos ka sa ganitong paraan habang hindi nauunawaan ang mga bagay na ito, tatratuhin ito ng Diyos bilang iyong pagiging hangal at walang-alam, pero kapag talagang alam mo ang mga bagay na ito at kumikilos ka pa rin sa ganitong paraan, alam mong mali ang ginagawa mo, at dapat itong pangasiwaan ng Diyos ayon sa mga prinsipyo.

Disyembre 19, 2019

**Ikasiyam na Aytem: Ginagawa Nila ang Kanilang
Tungkulin Para Lang Maging Tanyag Sila at
Maisakatuparan ang Kanilang Sariling mga Interes
at Ambisyon; Hindi Nila Kailanman Isinasaalang-alang
ang mga Interes ng Sambahayan ng Diyos,
at Ipinagkakanulo Pa nga ang mga Interes na Iyon,
Ipinagpapalit ang mga Iyon Para sa Kanilang
Personal na Kaluwalhatian (Unang Bahagi)**

Karagdagang Babasahin: Kung Ano ang Katotohanan

Ngayon, patuloy tayong magbabahaginan tungkol sa nilalaman noong nakaraan. Ano ang paksang pinagbahaginan natin noong nakaraan? (“Ang pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo” ay hindi ang katotohanan.) Kung gayon, inisip mo ba noon na ito ang katotohanan? Di-malay na inisip noon ng mga tao na ito ang katotohanan, o sa pinakamababa, na ito ay medyo positibo, nagbibigay-inspirasyon, at maaaring makahikayat sa mga tao na maging aktibo at positibo ukol sa hinaharap. Sa pagtingin dito mula sa ganitong antas ng kahulugan, inisip ng mga tao na ito ay medyo malapit sa katotohanan at medyo malapit sa mga positibong bagay. Samakatwid, di-namamalayang pinaniwalaan ng maraming tao na ang kasabihang ito na “ang pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo” ay isang medyo positibong ekspresyon, o sa pinakamababa, na ito ay may positibong konotasyon kaysa negatibo, at may papel sa pagtulong sa buhay at sariling asal ng mga tao. Pero pagkatapos magbahaginan tungkol dito, nakita natin na hindi ito ganoon, at na may malalaking problema rito. Higit ba kayong nakahanap ng mga ekspresyong katulad o kaugnay sa ekspresyong ito, o na may kaparehong papel, at na di-namamalayang iniisip ng mga tao na medyo positibo o medyo maganda, at nahimay-himay ba ninyo ang mga ito? (Hindi.) Sabihin ninyo sa Akin, naaangkop ba rito ang ekspresyong “Pagkakaroon ng maraming hinuhamula sa iisang pagkakataon”? (Oo.) Dapat sabihin na ang ekspresyong ito ay may mga praktikal na gamit pagdating sa paghahanap at pagsasagawa ng katotohanan. Noong nakaraan, nagbahaginan tayo tungkol sa “pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo.” Ano-ano pang ibang kaparehong ekspresyon ang naroon? Ano-ano pang mga ekspresyon ang may halos parehong kahulugan, o maaaring may parehong papel? Wala namang masama sa inyong paghihimay-himay sa mga ekspresyong tulad ng “pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo” ayon sa Aking paraan, nang pinagbabahaginan ang mga ito sa isa’t isa, at nagkakamit ng ilang bagong pagkaunawa. Kapag nakikilatis ninyo ang pagiging nakalililang ng mga ito, iwawaksi ninyo ang gayong mga ekspresyon at pagkatapos ay tatahakin ninyo ang landas ng pagsasagawa at paghahangad sa katotohanan nang ganap na nakabatay sa mga salita ng Diyos.

Ipagpatuloy natin ang paksa na pinagbahaginan natin noong nakaraang dalawang beses. Ano ang paksang iyon? (Kung ano ang katotohanan.) Tama, kung ano ang katotohanan. Kung gayon, ano nga ba mismo ang katotohanan? (Ang katotohanan ang pamantayan para sa sariling asal, mga kilos, at pagsamba ng tao sa Diyos.) Mukhang naisaulo na ninyo ang pangungusap na ito sa teorya at depinisyon. Kaya, pagkatapos ng ating nakaraang dalawang pagbabahaginan, mayroon bang anumang pagkakaiba sa inyong depinisyon, kaalaman, at pagkaarok sa katotohanan sa kaibuturan ng inyong puso ngayon, kumpara sa dati? (Oo, mayroon.) Ano mismo ang pagkakaibang ito? Bagama't sa maikling panahon ay maaaring wala kayo ng kaalaman ng praktikal na karanasan, sa pinakamababa naman ay mayroon kayong kaunting kaalamang batay sa pang-unawa. Sabihin ninyo sa Akin batay sa inyong sariling karanasan, kaalaman, at pang-unawa. (Alam ko dati na dapat akong magsagawa ayon sa katotohanan ng mga salita ng Diyos sa tuwing nangyayari sa akin ang mga bagay-bagay, pero hindi ko talaga ito maisagawa. Para bang, kadalasan ay may tendensiya akong magpakita ng kapusukan, at bagama't alam ko mula sa mga salita ng Diyos na mali ang magpakita ng kapusukan, at alam ko kung ano ang mga hinihingi ng Diyos sa mga tao, ginagawa ko pa rin ito, at hindi ko kailanman nahanap ang ugat na sanhi. Pagkatapos ng pakikinig ko sa pagbabahaginan ng Diyos noong nakaraan saka ko lang napagtanto na, kadalasan, nagpapakita ng katiwalian ang mga tao dahil kontrolado sila ng mga satanikong kaisipan, at na nagpapakita ako ng kapusukan dahil may satanikong lohika sa loob ko na "Hindi ako aatake maliban na lang kung inatake ako; kung inatake ako, siguradong gaganti ako ng atake." Sa palagay ko ay tama ang kasabihang ito, at na kumikilos ako sa ganitong paraan bilang pagdependa sa aking sarili. Dahil sa impluwensiya ng satanikong kaisipan at pananaw na ito, hindi ko kayang isagawa ang katotohanan. Pero sa totoo lang, bagama't mukhang tama sa panlabas ang mga satanikong bagay na ito, sa realidad, ang mga kahulugang hatid ng mga ito ay taliwas sa hinihingi ng mga salita ng Diyos, at mali ang mga ito. Tanging ang mga salita ng Diyos ang katotohanan, at tanging ang pagkilos ayon sa mga salita ng Diyos ang ganap na tama.) Napakaganda. Sino ang may gustong idagdag doon? (May gusto akong idagdag. Alam ko rin noon na dapat kong hanapin at isagawa ang katotohanan sa tuwing nangyayari sa akin ang mga bagay-bagay, ngunit medyo nalilito pa rin ako kung paano ito isasagawa. Sa pakikinig sa pagbabahaginan ng Diyos, nararamdaman ko na ang katotohanan ay labis na makatotohanan at nauugnay sa bawat aspekto ng buhay. Tingnan ang ilang halimbawa na binanggit ng Diyos. Natututunan din ng mga Tsino na uminom ng kape pagkatapos makarating sa mga Kanluraning bansa. Hindi ito isang problema sa paraan ng pagkilos ng isang tao, kundi isang problema sa mga kaisipan at pananaw ng mga tao, at may kinalaman ito sa katotohanan. Bukod dito, pagkatapos ng paghihimay-himay ng Diyos sa ilang karaniwang kasabihan at kawikaan na inaakala ng mga tao na tama, napagtanto ko na dapat kong pagnilayan ang sarili kong mga pag-uugali at pagsasagawa na tila tama, at ang mga layunin, kaisipan, at pananaw sa likod ng mga pag-uugaling ito, at

kung ano nga ba mismo ang isinasabuhay ko sa pamamagitan ng pagdepende sa mga bagay na ito. Mas tiyak na ang pakiramdam ko ngayon tungkol sa kung paano hanapin at isagawa ang katotohanan sa tuwing nangyayari sa akin ang mga bagay-bagay, at hindi na ito masyadong malabo.) Mukhang sa pamamagitan ng dalawang pagbabahaginang ito, karamihan sa mga tao ay nakakuha ng pangunahing pagkaunawa tungkol sa kung ano ang katotohanan at kung ano ang ilang paksa na may kinalaman sa katotohanan at na, mula sa kaibuturan ng kanilang puso, sinimulan na nilang pagnilayan kung ang kanilang asal at kilos ay nauugnay sa katotohanan, pati na rin kung alin mismo sa mga bagay na sinusunod at naririnig nila sa kanilang pananampalataya sa Diyos ang katotohanan at alin ang hindi katotohanan, at kung ang mga bagay na iniisip nilang tama ay talaga bang ang katotohanan, at kung ano ang kaugnayan ng mga bagay na ito sa katotohanan. Pagkatapos magnilay-nilay, matutukoy na ng mga tao kung ano nga ba mismo ang katotohanan, pati na rin kung alin mismong mga bagay ang katotohanan, at alin ang hindi katotohanan. Pagkatapos makinig sa mga sermon sa loob ng napakaraming taon at kumain at uminom ng mga salita ng Diyos sa loob ng napakaraming taon, karamihan sa mga tao ay nakapagkamit na ng ilang bagay at malinaw na nilang nakikita ang isang katunayan: Ang mga salita ng Diyos ay talaga ngang ang katotohanan, ang mga hinihingi ng Diyos ay ang katotohanan, at ang lahat ng nanggagaling sa Diyos ay ang katotohanan. Buong-puso nang kinilala at tinanggap ng mga taong tunay na sumasampalataya sa Diyos ang katunayang ito, ngunit sa totoong buhay ay maaaring madalas na di-namamalayang nagsasabi sila ng mga bagay na walang kinalaman sa katotohanan o na sumasalungat sa katotohanan. Itinuturing pa nga ng ilan ang mga bagay na inaakala ng mga tao na tama at mabuti bilang ang katotohanan, at sa partikular ay hindi pa nila nakilatis ang mga paimbabaw na maling kaisipan at ang mga mala-diyablong salita na nagmumula kay Satanas, na bukod sa matagal na nilang tinanggap sa kanilang puso ay itinuturing pa nga nila na mga positibong bagay. Halimbawa, maraming satanikong pilosopiya tulad ng “Ngipin sa ngipin, mata sa mata,” “Igigisa ang iba sa sarili nilang mantika,” “Ang matitinong tao ay mahusay sa pag-iingat sa sarili, tanging hangad nila ay hindi magkamali,” at “Hindi ako aatake maliban na lang kung inatake ako,” at iba pa, ang itinuturing ng mga tao bilang ang katotohanan at mga motto sa buhay, at lalo pa ngang nasisiyahan ang mga tao sa kanilang sarili sa pagtataguyod ng mga satanikong pilosopiyang ito, at saka lang nila napagtatanto pagkatapos mabasa ang mga salita ng Diyos na ang mga bagay na ito na mula kay Satanas ay hindi talaga ang katotohanan, kundi mga paimbabaw na maling paniniwala at maling kaisipan na nanlilihis sa mga tao. Saan nanggagaling ang mga bagay na ito? Ang iba ay nanggagaling sa edukasyon sa paaralan at sa mga aklat-pampaaralan, ang ilan ay nanggagaling sa turo ng pamilya, at ang iba naman ay nanggagaling sa pagkokondisyon ng lipunan. Sa madaling salita, lahat ng ito ay nanggagaling sa tradisyonal na kultura at nagmumula sa turo ni Satanas. Mayroon bang kinalaman ang mga bagay na ito sa katotohanan? Walang anumang kinalaman ang mga ito sa katotohanan. Ngunit hindi nakikilatis ng

mga tao kung ano talaga ang mga bagay na ito, at itinuturing pa rin nila ang mga ito bilang ang katotohanan. Masyado na bang naging malubha ang problemang ito? Ano ang mga kahihinatnan ng pagturing sa mga bagay na ito na mula kay Satanas bilang ang katotohanan? Maiwawaksi ba ng mga tao ang kanilang mga tiwaling disposisyon sa pamamagitan ng pagsunod sa mga bagay na ito? Makakapagsabuhay ba ng normal na pagkatao ang mga tao sa pamamagitan ng pagsunod sa mga bagay na ito? Makakapamuhay ba ang mga tao nang ayon sa konsensiya at katwiran sa pamamagitan ng pagsunod sa mga ito? Maaabot ba nila ang mga pamantayan ng konsensiya at katwiran sa pagsunod sa mga ito? Makakamit ba ng mga tao ang pagsang-ayon ng Diyos sa pagsunod sa mga ito? Hindi nila magagawa ang alinman sa mga ito. Dahil hindi nila magagawa ang alinman sa mga ito, katotohanan ba ang mga bagay na ito na sinusunod ng mga tao? Maaari bang magsilbing buhay ng isang tao ang mga ito? Ano ang mga kahihinatnan ng pagsasaalang-alang ng mga tao sa mga negatibong bagay na ito—gaya ng kung ano ang iniisip nilang tama at mabubuting pilosopiya para sa mga makamundong pakikitungo, mga estratehiya ng pananatiling buhay, mga batas ng pananatiling buhay, at maging ang tradisyonal na kultura—bilang katotohanan at pagsunod sa mga ito? Libo-libong taon nang sumusunod ang sangkatauhan sa mga bagay na ito. Nagbago na ba kahit kaunti ang mga ito? Nagbago na ba ang kasalukuyang sitwasyon ng sangkatauhan kahit kaunti? Hindi ba't lalong nagiging buktot at mapanlaban sa Diyos ang tiwaling sangkatauhan? Ang Diyos ay nagpapahayag ng maraming katotohanan sa tuwing ginagawa Niya ang Kanyang gawain, at nakikita ng mga tao na ang mga katotohanang ito ay may awtoridad at kapangyarihan, kaya paanong nagagawa pa rin ng mga tao na itatwa at labanan ang Diyos? Bakit hindi pa rin nila magawang tanggapin ang Diyos at magpasakop sa Kanya? Ito ay sapat na para maipakita na ang sangkatauhan ay lubos na nagawang tiwali ni Satanas, na ang tiwaling sangkatauhan ay punong-puno ng mga satanikong disposisyon, ay tutol sa katotohanan, kinamumuhian ito, ni hindi ito tinatanggap. Ang ugat ng problemang ito ay na masyado nang maraming natanggap na satanikong pilosopiya at satanikong kaalaman ang mga tao. Sa kaibuturan ng kanilang puso, ang mga tao ay puspos na ng lahat ng uri ng satanikong kaisipan at pananaw, kaya't nagkaroon na sila ng disposisyon na tumututol at namumuhi sa katotohanan. Makikita natin mula sa napakaraming tao na nananampalataya sa Diyos na, bagama't kinikilala nila na may awtoridad at kapangyarihan ang mga salita ng Diyos, hindi nila tinatanggap ang katotohanan. Ibig sabihin, kapag kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos ang mga tao, bagama't kinikilala nila sa pamamagitan ng pagsasabi na "Ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan, wala nang hihigit pa sa katotohanan, ang katotohanan ay nasa puso natin, at ginagawa nating layon sa pag-iral ang paghahangad sa katotohanan," sa tunay na buhay, namumuhay pa rin sila ayon sa mga sikat na satanikong kasabihan at pilosopiya, at isinasantabi nila ang mga salita ng Diyos at ang katotohanan, at sinusunod at isinasagawa nila ang mga bagay tulad ng teolohikong kaalaman ng tao at espirituwal

na doktrina na para bang ang mga ito ang katotohanan. Ito ba ang tunay na kalagayan ng karamihan sa mga taong nananampalataya sa Diyos? (Oo.) Kung patuloy kayong susunod sa ganitong paraan at hindi ninyo hihimay-himayin at uunawain batay sa mga salita ng Diyos itong mga bagay na nakaugat nang malalim mula sa satanikong tradisyonal na kultura, at kung hindi ninyo makikilatis ang mga ito sa ugat, o kung hindi kayo magkakamit ng lubusang pagkaunawa sa mga ito, o kung hindi ninyo tatalikuran ang mga ito, ano ang magiging resulta? Mayroong isang tiyak na resulta, at ito ay na ang mga tao ay nananampalataya sa Diyos sa loob ng maraming taon ngunit hindi nila alam kung ano ang katotohanan o kung anong landas ang tatahakin, at sa huli, lahat sila ay mayroong isang hanay ng espirituwal na doktrina at mga teolohikong teorya sa kanilang bibig, at ang lahat ng kanilang sinasabi ay magandang pakinggan at ang lahat ay doktrinang naaayon sa katotohanan. Pero sa katunayan, ang mga taong ito ay mga tipikal na mapagpaimbabaw na Pariseo pagdating sa kung ano ang kanilang isinasagawa at isinasabuhay. Ano ang mga kahihinatnan nito? Walang duda, sila ay kinokondena at isinusumpa ng Diyos. Ang mga nananampalataya sa Diyos ngunit hindi tumatanggap sa katotohanan ay mga Pariseo at hindi nila kailanman makakamit ang pagsang-ayon ng Diyos.

Halimbawa, sa isyu ng pag-eeduka sa mga anak, nakikita ng ilang ama na nagiging masuwayin at na hindi inaasikaso ng kanilang mga anak ang nararapat na mga tungkulin ng mga ito, at sinasabi nila: “Tama ang mga ninuno nang sinabi nila na, ‘Ang pagkukulang ng isang anak ay kasalanan ng magulang.’” Hindi tinatrato ng gayong mga ama ang usaping ito batay sa mga salita ng Diyos. Mga salita lang ng mga tao ang nasa puso nila, sa halip na ang mga salita ng Diyos. Kung gayon, mayroon ba sila ng katotohanang realidad? Wala, wala sila nito. Bagama’t nananampalataya sila sa Diyos at nauunawaan nila ang ilang katotohanan, at dapat alam nila na kailangan nilang gamitin ang katotohanan para turuan ang kanilang mga anak, nang sa gayon ay matupad ang kanilang mga responsabilidad bilang ama, hindi sila nagsasagawa sa ganitong paraan. Kapag nakikita nilang tumatahak sa maling landas ang kanilang mga anak, napapabuntong-hininga sila at sinasabi nila, “Ang pagkukulang ng isang anak ay kasalanan ng magulang.” Anong uri ng ekspresyon ito? Kaninong sikat na kasabihan ito? (Sikat na kasabihan ni Satanas.) Nakapagsabi na ba ng ganitong ekspresyon ang Diyos? (Hindi.) Kung gayon, saan nagmumula ang ekspresyong ito? (Kay Satanas.) Ito ay nagmumula kay Satanas, mula sa mundong ito. Ang mga tao ay labis na “naghahangad” sa katotohanan, “nagmamahal” sa katotohanan, at “nagtataas” sa katotohanan, kaya, bakit sila nagsasabi ng mga satanikong ekspresyong tulad nito kapag nangyayari ang gayong mga bagay sa kanila? Pakiramdam pa nga nila na isa itong makatarungan at marangal na bagay na sasabihin. Sinasabi nila, “Tingnan mo kung gaano kalaki ang aking pagpipitagan at pagpapahalaga sa katotohanan at sa Diyos. Likas na sa akin na sabihing, ‘Ang pagkukulang ng isang anak ay kasalanan ng magulang’—napakadakilang katotohanan nito! Masasabi ko kaya ang ekspresyong ito kung hindi ako nananampalataya sa Diyos?”

Hindi ba't ipinapalabas iyon bilang katotohanan? (Oo.) Kaya, ang ekspresyong ito ba ay ang katotohanan? (Hindi.) Anong uri ng ekspresyon ang “Ang pagkukulang ng isang anak ay kasalanan ng magulang”? Sa anong paraan ito mali? Ang ibig sabihin ng ekspresyong ito ay na kung masuwayin o wala pa sa hustong gulang ang mga anak, responsabilidad ito ng ama, na ibig sabihin ay hindi sila naturuan nang maayos ng kanilang mga magulang. Ngunit ito ba talaga ang lagay? (Hindi.) May ilang magulang na umaasal sa wastong paraan, sa kabila nito, ang mga anak nilang lalaki ay mga basagulero at ang mga anak nilang babae ay mga kalapating mababa ang lipad. Ang lalaking gumaganap sa papel bilang ama ay nagagalit nang husto at sinasabi niya: “Ang pagkukulang ng isang anak ay kasalanan ng magulang. Pinalayaw ko sila!” Tama ba ang sabihin ito o hindi? (Hindi, mali ito.) Sa anong paraan ito mali? Kung naiintindihan mo kung ano ang mali sa ekspresyong ito, pinatutunayan nito na nauunawaan mo ang katotohanan at nauunawaan mo kung ano ang mali tungkol sa problemang nakapaloob sa ekspresyong ito. Kung hindi mo nauunawaan ang katotohanan sa bagay na ito, hindi mo maipapaliwanag ang bagay na ito nang malinaw. Ngayong napakinggan na ninyo ang paliwanag at depinisyon ng katotohanan, mararamdaman at masasabi ninyo na: “Mali ang ekspresyong ito; isa itong makamundong ekspresyon. Kaming mga nananampalataya sa Diyos ay hindi nagsasabi ng ganoong mga bagay.” Iniba mo lang ang paraan ng pagsasalita mo tungkol sa bagay na ito. Hindi ibig sabihin nito na nauunawaan mo ang katotohanan—sa katunayan, hindi mo alam kung ano ang mali sa ekspresyon na “Ang pagkukulang ng isang anak ay kasalanan ng magulang.” Kapag nahaharap sa ganitong mga bagay, ano ang dapat mong sabihin na alinsunod sa katotohanan? Paano ka dapat kumilos ayon sa mga katotohanang prinsipyo? Pag-usapan muna natin kung paano unawain at ipaliwanag nang tama ang ganitong mga bagay. Ano ang sinasabi ng Diyos tungkol dito? Mayroon bang anumang partikular na sinasabi ang mga salita ng Diyos tungkol sa ganitong mga bagay? Nagpahayag ang Diyos ng napakaraming katotohanan, lahat para tanggapin ng mga tao at gawing kanilang buhay ang mga ito. Kaya kapag tinuturuan nila ang kanilang mga anak, hindi ba't dapat gamitin ng mga tao ang mga salita ng Diyos para turuan ang mga ito? Ang mga salita ng Diyos ay sinalita sa buong sangkatauhan. Ikaw man ay nasa hustong gulang na o isang anak, lalaki o babae, matanda o bata, dapat tanggapin ng lahat ang mga salita ng Diyos. Tanging ang mga salita ng Diyos ang katotohanan at maaaring maging buhay ng mga tao. Tanging ang mga salita ng Diyos ang makakaakay sa mga tao sa tamang landas sa buhay. Ang mga taong nananampalataya sa Diyos ay dapat magkaroon ng masusing pagkaunawa sa bagay na ito. Paano ninyo maipapaliwanag ang ekspresyon na “Ang pagkukulang ng isang anak ay kasalanan ng magulang”? (Ang landas na tinatahak ng isang tao ay natutukoy ng kanyang kalikasang diwa. Bukod dito, ang kaparusahang ipapataw sa kanya o ang mga pagpapalang matatanggap niya sa buhay na ito ay konektado sa kanyang nakaraang buhay. Kaya, ang pahayag na “Kung hindi sinusunod ng mga anak ang tamang landas, ito ay dahil hindi sila tinuruan nang

maayos ng kanilang mga magulang” ay hindi tama kung sisiyasatin, at ganap nitong itinatatwa ang katunayan na ang Diyos ay may kataas-taasang kapangyarihan sa tadhana ng sangkatauhan.) Ayon sa sinasabi mo, may anuman bang kinalaman sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos ang hindi pagsunod ng mga anak sa tamang landas? Pinahihintulutan ng Diyos ang mga tao na gumawa ng kanilang sariling mga pasya at piliing tahakin ang tamang landas. Gayumpaman, mayroong satanikong kalikasan ang mga tao, at lahat sila ay gumagawa ng kanilang sariling mga pasya, at pumipili ng kanilang sariling nais na landas, at ayaw nilang magpasakop sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos. Kung naaayon sa katotohanan ang sinasabi mo, kailangan mo itong ipaliwanag nang malinaw para makumbinsi ang mga tao tungkol dito.

Sunod nating pagbabahaginan ang ekspresyon na “Ang pagkukulang ng isang anak ay kasalanan ng magulang.” Ang unang bagay na dapat linawin ay na mali ang sabihin na, “Ang pagkabigo ng mga anak na sumunod sa tamang landas ay may kinalaman sa kanilang mga magulang.” Sinuman ito, kung siya ay isang partikular na uri ng tao, tatahak siya sa isang partikular na landas. Hindi ba’t natitiyak ito? (Oo.) Ang landas na tinatahak ng isang tao ay tumutukoy sa kung ano siya. Ang landas na tinatahak niya at kung magiging anong uri siya ng tao ay nakasalalay sa kanya. Ito ay mga bagay na pauna nang itinakda, likas, at may kinalaman sa kalikasan ng tao. Kaya, ano nga ba ang silbi ng mga turo ng magulang? Kaya ba nitong pamahalaan ang kalikasan ng isang tao? (Hindi.) Hindi kayang pamahalaan ng mga turo ng magulang ang kalikasan ng tao at hindi nito kayang lutasin ang problema sa kung anong landas ang tatahakin ng isang tao. Ano ang tanging maituturo ng mga magulang? Ang ilang simpleng pag-uugali sa pang-araw-araw na buhay ng kanilang mga anak, ilang medyo paimbabaw na kaisipan at mga tuntunin ng sariling asal—ito ang mga bagay na may kinalaman sa mga magulang. Bago umabot sa hustong gulang ang kanilang mga anak, dapat tuparin ng mga magulang ang kanilang responsabilidad, na turuan ang kanilang mga anak na sumunod sa tamang landas, mag-aral nang mabuti, at magsumikap na maging mas magaling kaysa sa iba paglaki nila, na huwag gumawa ng masasamang bagay o maging masamang tao. Kailangan ding pangasiwaan ng mga magulang ang pag-uugali ng kanilang mga anak, turuan ang mga ito na maging magalang at bumati sa mga nakatatanda sa tuwing nakikita ang mga ito, at turuan ang kanilang mga anak ng iba pang mga bagay na may kaugnayan sa pag-uugali—ito ang responsabilidad na dapat tuparin ng mga magulang. Ang pag-aalaga sa buhay ng kanilang anak at pagtuturo sa kanila ng ilang pangunahing tuntunin ng sariling asal—iyan ang saklaw ng impluwensiya ng magulang. Tungkol naman sa personalidad ng kanilang anak, hindi ito maituturo ng mga magulang. Ang ilang magulang ay mahinahon lang at ginagawa nila ang lahat nang hindi nagmamadali, samantalang ang kanilang mga anak ay lubos na walang pasensiya at hindi mapirmi sa kinaroroonan ng mga ito kahit sandali man lang. Lumalayo sila nang sila-sila lang para maghanapbuhay pagdating ng 14 o 15 taong gulang nila, gumagawa sila ng kanilang sariling mga desisyon sa lahat ng bagay, hindi nila kailangan ang kanilang mga magulang,

at kayang-kaya nilang magsarili. Itinuturo ba ito ng kanilang mga magulang? Hindi. Kaya, ang personalidad, disposisyon, at maging ang diwa ng isang tao, pati na ang landas na kanyang pipiliin sa hinaharap, ay walang kinalaman sa kanyang mga magulang. Pinabubulaanan ito ng ilan sa pagsasabing, “Kung gayon, paanong wala itong anumang kinalaman sa kanila? May ilang taong nagmumula sa isang pamilyang may mataas na pinag-aralan o sa isang pamilyang may mga henerasyon ng kadalubhasaan sa isang partikular na bokasyon. Halimbawa, isang henerasyon ang nag-aaral ng pagpipinta, ang sumunod na henerasyon ay nag-aaral din ng pagpipinta, at ganoon din ang sumusunod na henerasyon. Kinukumpirma nito na tama ang ekspresyong ‘Ang pagkukulang ng isang anak ay kasalanan ng magulang.’” Tama ba o mali na sabihin ito? (Mali.) Mali at hindi tumpak na gamitin ang halimbawang ito para ilarawan ang problemang ito, dahil magkaibang bagay ang mga ito. Ang impluwensiya ng isang pamilya na may henerasyon ng kadalubhasaan ay umaabot lang sa isang aspekto ng kadalubhasaan, at maaaring dahil sa kapaligiran ng pamilyang ito kaya natututo ang lahat ng parehong bagay. Sa panlabas nito, ganoon din ang pinipili ng anak, pero sa ugat nito, ang lahat ay pauna nang itinakda ng Diyos. Paano muling isinilang ang tao sa ganitong pamilya? Hindi ba’t isa rin iyong bagay na ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan? Responsabilidad lang ng mga magulang na palakihin ang kanilang mga anak hanggang sa hustong gulang. Ang mga anak ay naiimpluwensiyahan lang ng kanilang mga magulang pagdating sa kanilang panlabas na pag-uugali at sa mga gawi ng pamumuhay. Ngunit kapag malaki na sila, ang mga layon na hinahangad nila sa buhay at ang kanilang tadhana ay walang anumang kinalaman sa kanilang mga magulang. May mga magulang na simpleng magsasaka lang na namumuhay ayon sa kanilang katayuan, pero ang kanilang mga anak ay nagiging mga opisyal at gumagawa ng mga dakilang bagay. Mayroon ding mga anak na may mga magulang na abogado at doktor, na parehong may kapabilidad, pero ang mga anak ay walang kuwenta, hindi makahanap ng trabaho kahit saan sila pumunta. Ito ba ang itinuro sa kanila ng kanilang mga magulang? Kapag ang ama ay isang abogado, malamang ba na limitahan niya ang pagtuturo at pag-iimpluwensiya sa kanyang mga anak? Siyempre, hindi ganoon. Walang ama ang nagsasabi na, “Naging napakaunlad ko sa aking buhay, sana hindi maging ganito kaunlad ang mga anak ko sa hinaharap, masyadong nakakapagod iyon. Sapat na iyong magpastol sila ng mga baka sa hinaharap.” Tiyak na tuturuan niya ang kanyang mga anak na matuto mula sa kanya at maging katulad niya sa hinaharap. Ano ang mangyayari sa kanyang mga anak pagkatapos niya silang turuan? Ang mga anak ay magiging kung anuman ang nakatakda sa kanila, at ang mga tadhana nila ay magiging kung anuman ang nakatadhana sa kanila, at walang sinuman ang makakapagbago niyon. Anong katunayan ang nauunawaan mo rito? Ang landas na tinatahak ng isang anak ay walang anumang kinalaman sa kanilang mga magulang. Ang ilang magulang ay nananampalataya sa Diyos at nagtuturo sa kanilang mga anak na manampalataya sa Diyos, ngunit anuman ang sabihin nila, hindi naniniwala ang kanilang mga anak, at walang nagagawa ang mga

magulang tungkol dito. May ilang magulang na hindi nananampalataya sa Diyos, samantalang nananampalataya naman sa Diyos ang kanilang mga anak. Kapag nagsimulang manampalataya sa Diyos ang kanilang mga anak, sumusunod ang mga ito sa Diyos, gumugugol ng kanilang sarili para sa Kanya, nagagawa nilang tanggapin ang katotohanan, at nakakamit nila ang pagsang-ayon ng Diyos, kung kaya, nagbabago ang kanilang tadhana. Ito ba ang bunga ng pagtuturo ng mga magulang? Hindi, ito ay may kinalaman sa paunang pagtatakda at pagpili ng Diyos. May problema sa ekspresyon na “Ang pagkukulang ng isang anak ay kasalanan ng magulang.” Bagaman may responsabilidad ang mga magulang na turuan ang kanilang mga anak, ang tadhana ng isang anak ay hindi naitatakda ng kanyang mga magulang, kundi ng kalikasan ng isang anak. Malulutas ba ng edukasyon ang problema sa kalikasan ng isang anak? Talagang hindi nito malulutas iyon. Ang landas na tinatahak ng isang tao sa buhay ay hindi naitatakda ng kanyang mga magulang, kundi ito ay pauna nang itinakda ng Diyos. Sinasabi na “Ang kapalaran ng tao ay itinakda ng Langit,” at ang kasabihang ito ay ibinuod ng karanasan ng tao. Bago umabot sa hustong gulang ang isang tao, hindi mo malalaman kung anong landas ang kanyang tatahakin. Kapag nasa hustong gulang na siya, at may sariling mga kaisipan at kakayahang magnilay-nilay sa mga problema, magpapasya siya kung ano ang gagawin sa labas sa mas malawak na komunidad. Sinasabi ng ilang tao na gusto nilang maging mataas na opisyal, ang iba naman ay nagsasabing gusto nilang maging abogado, at ang iba ay gustong maging manunulat. Ang bawat isa ay may kanya-kanyang pasya at mga ideya. Walang sinuman ang nagsasabi na, “Hihintayin ko na lang na turuan ako ng aking mga magulang. Anuman ang ituro nila sa akin, magiging ganoon ako.” Walang taong ganito kahangal. Kapag umabot na sila sa hustong gulang, nagsisimulang mapukaw at unti-unting nahihinog ang mga ideya ng mga tao, kaya lalong nagiging malinaw ang landas at mga layon sa kanilang hinaharap. Sa panahong ito, unti-unting nagiging halata at malinaw kung anong klaseng tao sila at kung saang grupo sila nabibilang. Mula sa puntong ito, unti-unting malinaw na natutukoy ang personalidad ng bawat tao, pati na rin ang kanilang disposisyon, ang landas na kanilang hinahangad, ang kanilang direksyon sa buhay, at ang grupong kinabibilangan nila. Saan nakabatay ang lahat ng ito? Sa huli, ito ay pauna nang itinakda ng Diyos—wala itong kinalaman sa mga magulang ng isang tao. Malinaw na ba ito sa iyo ngayon? Kung gayon, anong mga bagay ang may kaugnayan sa mga magulang? Ang hitsura, tangkad, genes, at ilang sakit ng pamilya ng isang tao ay may kaunting kinalaman sa mga magulang. Bakit Ko sinasabing kaunti? Dahil hindi 100% ganito ang kaso. Sa ilang pamilya, ang bawat henerasyon ay nagdurusa sa isang sakit, subalit isinilang ang isang anak na walang ganitong sakit. Paano nangyari ito? May mga nagsasabi: “Dahil mabuti ang personalidad ng batang ito.” Ito ang opinyon ng mga tao, ngunit saan nga ba talaga nanggagaling ang usaping ito? (Sa paunang pagtatakda ng Diyos.) Ganoon nga mismo. Kaya, ang ekspresyon na “Ang pagkukulang ng isang anak ay kasalanan ng magulang” ay talaga bang tama o mali? (Mali ito.) Malinaw na ito sa iyo

ngayon, tama ba? Hindi maaari kung hindi mo alam kung paano kumilatis. Kung wala ang katotohanan, hindi mo makikita nang malinaw ang anumang bagay.

Sa pang-araw-araw na buhay, ang bawat tao ay mayroong mangilan-ngilang paimbabaw na pananaw na mula kay Satanas sa kanilang isipan. Nananatiling nakalagak at nakaimbak ang mga ito sa loob, at nabubunyag ang mga ito sa tuwing may nangyayari. Sinasabi ng ilang tao na: “Ang mabuting lalaki ay hindi nakikipag-away sa mga babae. Tingnan mo kung gaano ako kadakila. Isa akong tunay at malakas na lalaki, samantalang ikaw ay mahiyain, kaya hindi ako makikipag-away sa iyo.” Ano ang turing nila sa ekspresyong ito? (Ang katotohanan.) Itinuturing nila ito bilang ang katotohanan at prinsipyo sa pagsasagawa ng katotohanan. May mga tao rin na nakakakita ng isang tao na talagang may napakaguwapong pagmumukha at tila isang kagalang-galang na ginoo, pero palagi siyang patagong kumikilos at nagpapanggap, at sadyang mapanlinlang at lihim na mapanira sa pakikitungo sa ibang tao, at marami ang hindi nakakaintindi sa kanya, kaya, sinasabi ng mga tao na: “Nananampalataya ako sa Diyos para lang umasal ako bilang isang matuwid at mabait na tao, at maging palakaibigan sa iba, sa halip na maging mapanlaban. Katulad ito ng kasabihan na, ‘Mas mabuti nang maging tunay na kontrabida kaysa sa isang huwad na maginoo.’ Ang ilan sa mga salita ng Diyos ay may ganito ring kahulugan.” Ano ang tingin mo tungkol sa mga sinasabi ng mga taong ito? “Mas mabuti nang maging tunay na kontrabida kaysa sa isang huwad na maginoo.” Tingnan mo, sa sandaling nangyayari sa mga tao ang isang bagay, sabay-sabay na lumilitaw at lumalabas ang lahat ng karaniwang kasabihan, sawikain, at kawikaang ito na nasa loob nila, at walang ni isang salita ng katotohanan. Sa huli, sinasabi pa nga ng mga taong iyon na, “Salamat sa Diyos sa pagbibigay-liwanag sa akin.” Tama ba o mali ang kasabihang “Mas mabuti nang maging tunay na kontrabida kaysa sa isang huwad na maginoo”? (Mali ito.) Alam ninyong lahat na mali ito, pero ano ang mali rito? Ang mali sa mga huwad na maginoo ay sila ay huwad. Walang sinuman ang gustong maging isang huwad na maginoo; gusto nilang maging isang tunay na kontrabida. Ano ang mayroon sa mga tunay na kontrabida na sinasang-ayunan ng mga tao? Ito ay dahil sila ay totoong tao kaya nakuha nila ang pagsang-ayon ng lahat, kahit na sila ay mga kontrabida. Kung gayon, ano ang gusto ninyo, maging isang tunay na kontrabida o isang huwad na maginoo? (Wala sa dalawa.) Bakit hindi na lang kayo maging ganitong uri ng dalawang tao? (Wala sa mga ito ang naaayon sa katotohanan, walang sinasabi tungkol dito sa mga salita ng Diyos.) Puwede ba ninyong hanapin ang nauugnay na batayan sa pagpapahayag na hindi sinabi ng Diyos sa mga tao na maging huwad na maginoo o tunay na kontrabida? (Gusto ng Diyos na maging matapat ang mga tao.) Gusto ng Diyos na maging matapat ang mga tao. Kung gayon, ano ang pagkakaiba ng mga matapat na tao at tunay na kontrabida? Ang salitang “kontrabida” ay hindi mabuti, pero sila ay talagang totoo. Bakit hindi mabuti ang isang tunay na kontrabida? Maaari mo ba itong ipaliwanag nang malinaw? Ano ang batayan ng pagsasabing wala sa mga tunay na kontrabida ni mga huwad na maginoo ang mabubuting tao? Ano ang mga kontrabida? Anong salita ang karaniwang iniuugnay

sa mga kontrabida? (Kasuklam-suklam.) Tama. Paano inilalarawan at tinutukoy ang salitang ito na “kasuklam-suklam” sa mga salita ng Diyos? Sa mga salita ng Diyos, tinutukoy ba bilang isang mabuting salita o masamang salita ang “kasuklam-suklam”? (Isang masamang salita.) Isang masamang salita, na kinokondena ng Diyos. Ang mga taong may kasuklam-suklam na mga kilos at mga pananaw ay mga kontrabida. Sa anong paraan pa ba matutukoy ang disposisyon at diwa ng isang kontrabida? Makasarili, hindi ba? (Oo.) Ang ganitong uri ng tao ay makasarili at kasuklam-suklam. Kahit na ang ipinapakita niya ay tunay at ang siyang totoo niyang ugali, siya ay talagang kontrabida pa rin. Ang isang huwad na maginoo ay mapanlinlang at buktot, at palagi siyang nagpapanggap at nagbibigay ng maling impresyon sa iba, ipinapakita sa iba ang kanyang maliwanag, maningning, at palakaibigan na parte ng pagkatao. Itinatago niya ang kanyang tunay na disposisyon, mga opinyon, at mga pananaw, para walang makakita o makaarok sa mga ito. Anong disposisyon mayroon ang ganitong mga tao? (Mapanlinlang at buktot.) Sila ay sadyang mga buktot na tao. Kaya, mga kontrabida o maginoo man, hindi sila mabubuting tao. Ang isang uri ay masama sa panloob at ang isa naman ay masama sa panlabas. Sa katunayan, pareho lang ang mga disposisyon nila—sila ay parehong lubhang buktot, makasarili, at mapanlinlang. Naghahangad ba na maging matapat na mga tao ang dalawang uri ng lubhang buktot at mapanlinlang na taong ito? (Hindi.) Kaya naman, maging alin ka man sa dalawang uri ng taong ito, hindi ikaw ang mabuti o matapat na taong hinihingi ng Diyos. Isa kang taong kinapopootan ng Diyos, at hindi ikaw ang taong hinihingi ng Diyos na maging. Kaya, sabihin mo sa Akin, ang ekspresyong “Mas mabuti nang maging tunay na kontrabida kaysa sa isang huwad na maginoo” ba ang katotohanan? (Hindi.) Kung titingnan mula sa pananaw na ito, ang ekspresyong ito ay hindi ang katotohanan. Maraming tao, na may layon na atakihin at kondenahin ang mga huwad na maginoo para magmukha silang mabubuting tao, ang nagsasabing “Mas mabuti nang maging tunay na kontrabida kaysa sa isang huwad na maginoo,” na para bang ang “pagiging kontrabida” ng mga kontrabidang ito ay ginagawa silang lalong makatarungan at tunay, na parang kung anong puwersa ng katarungan. Paano mo nasasabing ikaw, bilang isang kontrabida, ay makatarungan? Ikaw ang nararapat kondenahin.

Sa isipan ng bawat isa, marami-rami ang ganitong klase ng ekspresyon at mga bagay, at napakaraming tao ang may ganitong uri ng pananaw. Ito man ay tradisyonal na kultura, mga katutubong salawikain, mga motto ng pamilya, mga panuntunan ng pamilya, o legal na sistema ng isang bansa, madalas ginagamit ng mga tao ang mga bagay na ito na matagal nang umiikot at laganap sa lipunan, at na naiproklama at naisulong pa nga bilang mga positibong bagay sa lipunan at sa sangkatauhan sa mahabang panahon, para turuan ang sunod-sunod na henerasyon ng mga tao. Ang ilang ekspresyon ay itinuturing bilang mga prinsipyo ng pagsasagawa at prinsipyo ng pag-iral ng tao sa kaibuturan ng kanilang puso. Ang ilan ay mga ekspresyong nagpapahayag ng isang pananaw na sinasang-ayunan lang ng mga tao, ngunit hindi talaga nila ninanais

na ipatupad. Kung nais mo mang ipatupad ang mga ito o hindi, sa kaibuturan ng iyong puso, ang totoo ay itinuturing mo ang mga ekspresyong ito bilang mga prinsipyo ng pagsasagawa sa iyong sariling asal. Sa madaling salita, malaking hadlang ang mga bagay na ito sa pananampalataya ng mga tao sa Diyos at sa paghahangad sa katotohanan. Nakakapinsala lang ang mga ito, sa halip na maging kapaki-pakinabang sa mga tao. Halimbawa, ang isang paksang madalas pag-usapan ng mga modernong tao ay “Ang buhay ay mahalaga, mas lalo na ang pagmamahal. Alang-alang sa kalayaan, gayumpaman, ibibigay ko pareho.” Ang ekspresyong ito ay isang sikat na kasabihan na isinusulong at iginagalang ng mga tao sa Silangan at Kanluran na may matatayog na mithiin at mga naghahangad ng kalayaan at gustong alisin ang tradisyonal na sistemang piyudal. Ano ang pokus ng paghahangad ng mga tao rito? Ito ba ay buhay? O pagmamahal? (Hindi, ito ay kalayaan.) Tama, ito ay kalayaan. Kung gayon, katotohanan ba ang ekspresyong ito? Ang kahulugan ng ekspresyong ito ay na para hangarin ang kalayaan, maaaring isakripisyo ang buhay, at maaari ding isuko ang pagmamahal—ibig sabihin, ang taong minamahal mo ay maaari ding talikuran—nang sa gayon ay tumakbo sila tungo sa magandang kalayaan na iyon. Ano ang hitsura ng kalayaan na ito para sa mga makamundong tao? Paano ipapaliwanag ang bagay na ito na iniisip nila bilang kalayaan? Ang paglabag sa tradisyon ay isang uri ng kalayaan, ang paglabag sa mga lumang kaugalian ay isang uri ng kalayaan, at ang paglabag sa piyudal na monarkiya ay isa ring uri ng kalayaan. Ano pa? (Ang hindi maging kontrolado ng isang pampolitikang rehimen.) Ang isa pa ay ang hindi maging kontrolado ng kapangyarihan o politika. Ang hinahangad nila ay ganitong uri ng kalayaan. Kung gayon, ang kalayaan bang sinasabi nila ay tunay na kalayaan? (Hindi.) Mayroon ba itong pagkakatulad sa kalayaan na pinag-uusapan ng mga taong nananampalataya sa Diyos? (Wala.) Maaaring ang ilang taong nananampalataya sa Diyos ay may ganito ring pananaw sa puso nila: “Ang pananampalataya sa Diyos ay kahanga-hanga, pinalalaya at pinapakawalan ka nito. Hindi mo kailangang sumunod sa anumang kaugalian o tradisyonal na pormalidad, hindi mo kailangang mag-alala tungkol sa pagsasaayos o pagdalo sa mga kasal at libing, bibitiwan mo ang lahat ng makamundong bagay. Talagang malayang-malaya ka na!” Hindi ba’t ganoon ang kaso? (Hindi.) Ano nga ba ang kalayaan? Malaya ba kayo ngayon? (Kaunti lang.) Kung gayon, paano ninyo natamo ang kaunting kalayaan na ito? Ano ang ibig sabihin ng kalayaan na ito? (Pagkaunawa sa katotohanan at paglaya mula sa madilim na impluwensiya ni Satanas.) Pagkatapos kumawala sa madilim na impluwensiya ni Satanas, medyo nakakaramdam ka ng kaunting ginhawa at kalayaan. Gayumpaman, kung hindi Ko ito hinimay-himay, iisipin ninyo na tunay na kayong malaya, samantalang sa katunayan ay hindi pa. Ang tunay na kalayaan ay hindi ang uri ng kalayaan at pagpapalaya ng katawan sa espasyo at materyal na aspektong iniisip ng mga tao. Sa halip, sa sandaling naunawaan na ng mga tao ang katotohanan, magkakaroon sila ng mga wastong pananaw tungkol sa iba’t ibang tao, pangyayari, bagay, at tungkol sa mundo, at magagawa na nilang hangarin ang wastong mga layon at direksyon sa buhay. Kapag ang mga tao ay

hindi na nalilimitahan ng impluwensiya ni Satanas at ng mga satanikong ideya at pananaw, ang kanilang puso ay napapalaya—ito ang tunay na kalayaan.

May isang binata, isang walang pananampalataya, na nag-aakalang gusto niya ang kalayaan, lumilipad siya na parang ibon kahit saan, at namumuhay nang walang hadlang, kaya't hinahamak niya iyong mga walang-kuwentang panuntunan at kasabihan sa kanyang pamilya. Madalas niyang sinasabi sa kanyang mga kaibigan: “Bagama’t ipinanganak ako sa isang napakatradisyonal na pamilya, at isang napakalaking pamilya, na may napakaraming panuntunan at tradisyon, at kung saan kahit hanggang ngayon ay mayroon pa ring dambana ng mga ninuno na may mga plaka na pang-alaala na isinaayos para sa bawat sumusunod na henerasyon, ako mismo ay kumawala sa mga tradisyong ito at hindi ako naiimpluwensiyahan ng mga panuntunan ng pamilya, mga kombensiyon ng pamilya, at mga karaniwang kaugalian. Hindi ba ninyo nakikita na lubha akong hindi tradisyonal na tao?” Sinasabi ng kanyang mga kaibigan: “Napansin namin na lubha kang hindi tradisyonal.” Paano nila napansin iyon? Mayroon siyang butas sa dila, singsing sa ilong, apat o limang butas sa magkabilang tainga, butas sa pusod, at tattoo ng ahas sa kanyang braso. Itinuturing ng mga Tsino na malas ang mga ahas, ngunit iginiit niyang magkaroon ng isang tattoo nito sa kanyang katawan, at natatakot ang mga tao kapag nakikita ito. Ito ay hindi tradisyonal, hindi ba? (Oo.) Lubha itong hindi tradisyonal, at higit pa roon, nagsasalita rin siya na may awra ng isang makabagong tao. Lahat ng nakakakita sa kanya ay nagsasabing, “Kamangha-mangha ang taong ito! Hindi siya tradisyonal, talagang hindi tradisyonal!” Naniniwala siya na hindi niya basta-bastang maipapahayag sa ganitong mga paraan ang pagiging hindi tradisyonal, kundi dapat niya itong gawing mas kongkreto at dapat niyang gawing mas kapansin-pansin para sa mga tao ang mga palatandaan ng kanyang pagiging hindi tradisyonal. Nakikita niya na ang iba ay karaniwang mayroong mga nobyang Tsino na may dilaw na balat, at sinasadya niyang maghanap ng isang nobya na banyaga at maputi para mas lalong makumbinsi ang lahat na talagang hindi siya tradisyonal. Pagkatapos, ginagaya niya ang kanyang nobya sa bawat sitwasyon, ginagawa ang anumang sinasabi ng kanyang nobya, kung paano man nito hinihiling na gawin niya. Nang kaarawan na niya, binilhan siya ng kanyang nobya ng isang misteryosong regalo na nakabalot sa malaking kahon, at masayang-masaya niyang binuksan ang regalo. Pagkatapos alisin ang lahat ng balot, nakita niya ang isang berdeng sombrero sa loob. Alam ng lahat ng Tsino ang pahiwatig ng “mga berdeng sombrero,” hindi ba? Ito ay tiyak na isang napakatradisyonal na bagay. Sa sandaling nakita niya ito, nagalit siya at sinabi niya na, “Anong klaseng regalo ito? Para kanino mo binili ang regalong ito?” Akala ng nobya niya ay matutuwa siya—bakit siya galit na galit dito? Hindi maisip ng kanyang nobya kung bakit, at hindi nito maintindihan, kaya, sinabi ng kanyang nobya: “Hindi madaling hanapin ang berdeng sombrerong ito. Sigurado akong maganda itong tingnan sa iyo.” Sabi naman niya, “Alam mo ba kung ano ang sinasagisag ng sombrerong ito?” Sabi ng nobya: “Hindi ba’t sombrero lang ito? Sadyang maganda lang tingnan ang mga berdeng sombrero.” At iginiit ng nobya niya na

isuot niya ito. Hindi niya ito isinuot kahit anong mangyari. Alam ba ng mga taga-Kanluran ang pahiwatig ng “mga berdeng sombrero”? (Hindi, hindi nila alam.) Kung gayon, hindi ba’t kailangang ipaliwanag nang malinaw at ilahad ang bagay na ito? Wala sa inyo ang makakasagot niyon—bakit hindi kayo maglakas-loob na ipaliwanag ito nang malinaw? Hindi naman ito malaking bagay, hindi ba? Katulad lang din kayo ng lalaking ito—iwinawagayway ang pagiging hindi tradisyonal, at ang pagtalikod sa tradisyon at pagwaksi sa mga kuru-kuro ng satanikong tradisyonal na kultura para hangarin ang katotohanan at kalayaan, subalit, masyadong napapako ang isip ninyo sa berdeng sombrero ito. Hinihiling ng nobya ng binatang iyon na suotin ng binata ang sombrero, pero hindi ito isusuot ng binata kahit ano ang mangyari, sa huli ay sinasabi niya na: “Iginigiit mo na isuot ko ito. Kung isusuot ko ito, kailangan kong tiisin ang pamamahiya ng iba!” Ito ang pinakabuod ng isyu at nandirito ang problema—ito ay tradisyon. Ang tradisyon na ito ay hindi tungkol sa kung ano ang kulay ng isang bagay o kung anong uri ng bagay ito, kundi sa halip, ito ay tungkol sa simbolo at pananaw na pinupukaw ng bagay na ito sa mga tao. Ano nga ba mismo ang sinisimbolo ng bagay na ito—isang berdeng sombrero? Ano ang sinasagisag nito? Binabansagang masama ng mga tao ang mga sombrero na may ganitong kulay, kaya tinatanggihan nila ang mga sombrero ng ganitong kulay. Bakit tinatanggihan ito ng mga tao? Bakit hindi nila matanggap ang ganitong bagay? Dahil mayroong isang uri ng tradisyonal na pag-iisip sa loob nila. Ang mismong tradisyonal na pag-iisip na ito ay hindi ang katotohanan; ito ay parang isang materyal na bagay, ngunit di-nahahalatang ginawa itong isang negatibong bagay ng lipunan at ng lahing ito ng mga tao. Halimbawa, ang puti ay ginagawang simbolo ng kabanalan ng mga tao, ang itim ay simbolo ng kadiliman at kabuktutan, at ang pula ay simbolo ng kasiyahan, pagkamadugo, at silakbo ng damdamin. Sa nakaraan, nagsusuot ng pulang damit ang mga Tsino kapag ikinakasal sila, naniniwalang ito ay maligayang kulay. Kapag ikinakasal ang mga taga-Kanluran, nagsusuot sila ng puting damit na maganda at malinis, na sumisimbolo ng kabanalan. Magkaiba ang pagkaunawa ng dalawang kultura sa kasal. Sa isa, ito ay sinasagisag ng pula at sa isa naman, ito ay sinasagisag ng puti. Kapwa sumasagisag ang mga kulay na ito sa isang saloobin ng pagpapala tungkol sa pag-aasawa. Ang iba’t ibang grupong etniko at lahi ay gumagamit ng parehong bagay para sa iba’t ibang layunin, at dito nagsisimula ang kanilang mga kultural na pinanggalingan. Matapos lumitaw ang mga kultural na pinanggalingan na ito, nabubuo kasabay ng mga ito ang mga kultural na tradisyon. Sa ganitong paraan, bumubuo ng iba’t ibang kaugalian ang iba’t ibang lipunan at lahi, at ang mga kaugaliang ito ay nakaiimpluwensiya sa mga tao ng kani-kanilang lahi. Kaya, ang mga Tsino ay naiimpluwensiyahan ng pahiwatig na ito tungkol sa mga berdeng sombrero. Anong uri ng resulta ang naibububunga mula sa pagkikintal nito sa kanila? Ang mga lalaki ay hindi maaaring magsuot ng mga berdeng sombrero, at hindi rin nagsusuot nito ang mga babae. Nakakakita ka ba ng sinumang babaeng nagsusuot nito? Sa katunayan, ang kultural na tradisyong ito ay nakatuon lang sa mga lalaki, ibig sabihin, ang pagsusuot ng

mga lalaki ng berdeng sombrero ay isang masamang palatandaan, at hindi ito nauugnay sa mga babae. Gayumpaman, kapag nabuo na ang kultural na tradisyong ito, sa anumang konteksto ito lumilitaw, nagdudulot ito ng isang uri ng diskriminasyon sa bagay na ito ng bawat tao sa lahing ito. Pagkatapos mangyari ang ganitong diskriminasyon, hindi namamalayang nagbabago ang bagay na ito mula sa isang napakainosenteng materyal na bagay tungo sa isang negatibong bagay. Sa katunayan, ito ay inosente at walang mga positibo o negatibong katangian man lang. Ito ay isang materyal na bagay lamang, isang kulay, at isang bagay na may hugis. Gayumpaman, pagkatapos mabigyang-kahulugan at maimpluwensiyahan ng tradisyonal na kultura sa ganitong paraan, ano ang nagiging huling resulta? (Negatibo.) Ito ay nagiging negatibo. Pagkatapos nitong maging negatibo, hindi na ito magawang tratuhin o gamitin ng mga tao nang tama. Isipin ninyo—may mga sombrero na may iba’t ibang kulay sa merkado ng Tsina, tulad ng pula, rosas, dilaw, at iba pa, ngunit walang mga berdeng sombrero. Ang mga tao ay nalilimitahan at naiimpluwensiyahan ng tradisyonal na kaisipang ito. Ito ang epekto ng isang partikular na usapin ng tradisyonal na kultura sa mga tao.

Bagama’t may ilang tao na pumupunta sa ibang bansa at nakakaranas ng ilan sa mga kultura, tradisyon, tuntunin, at mga materyal na bagay tulad ng mga pangunahing pangangailangan sa buhay sa Europa at iba pang mga bansa sa Asya, at nagiging pamilyar sila sa ilang batas at karaniwang kaalaman ng ibang bansa, mahirap pa ring alisin ang mga tradisyong iyon ng kanilang sariling bansa. Bagama’t nilisan mo na ang iyong lupang tinubuan at tinanggap mo na ang pang-araw-araw na aspekto ng buhay sa ibang bansa, pati na rin ang mga batas at sistema nito, hindi mo alam kung ano ang iniisip mo araw-araw, o kung paano mo hinaharap ang mga isyu kapag may nangyayari sa iyo, o kung ano ang pananaw at perspektiba na pinanghahawakan mo. Iniisip ng ilang tao na, “Nasa Kanluran ako, kaya, isa ba akong taga-Kanluran?” o “Nasa Japan ako, kaya, isa ba akong Hapon?” Ganito ba ang lagay? (Hindi.) Sabi ng mga Hapon: “Gustong-gusto naming kumain ng sushi at udon noodles. Hindi ba’t marangal kami dahil dito?” Sabi naman ng mga taga-Timog Korea: “Mahilig kaming kumain ng kanin at kimchi. Hindi ba’t marangal ang aming dakilang bansang Timog Korea? Sinasabi ninyong mga Intsik na ang inyong kultura ay sinauna at libo-libong taon na mas nakatatanda kaysa sa amin, pero nagpapakita ba kayo ng pagiging mabuting anak sa inyong mga nakatatanda tulad ng ginagawa namin? Tradisyonal din ba kayo tulad namin? Mayroon ba kayong maraming panuntunan tulad ng sa amin? Hindi na ninyo pinag-uusapan ang ganitong mga bagay sa panahon ngayon, napag-iiwanan na kayo; kami ang tunay na mga tradisyonal na tao, at ang kultura namin ay tunay na kultura!” Iniisip nila na nakatataas ang kanilang tradisyonal na kultura, at pagkatapos ay nakikipagkompetensiya sila para ideklara ang maraming bagay bilang World Heritage. Bakit kailangang makipagkompetensiya? Ang bawat bansa, bawat lahi, at maging ang bawat maliit na pangkat etniko ay naniniwala na ang mga bagay, panuntunan, tradisyon, kaugalian, at kombensiyong iniwan ng kanilang mga ninuno ay mabuti at positibo, at maaaring ipalaganap ng sangkatauhan. Hindi ba’t

ang kanilang ideya at pananaw na ito ay nagpapahiwatig na mga katotohanan ang mga ito, na mga mabuti at positibong bagay ang mga ito, at na dapat maipasa ng lahing ito ng tao ang mga ito? Kung gayon, sumasalungat ba sa kalayaan ang mga bagay na ito na ipinapasa? Kabibigay Ko lang ng halimbawa ng isang binata na nakawala mula sa mga gapos ng kanyang pamilya, isang binatang puno ng mga hikaw at singsing at may mga tattoo sa buong katawan, at mayroon pa ngang nobya na taga-ibang bansa. Sa kanyang panlabas na anyo at laman, tila hindi siya sumusunod sa mga panuntunan ng pamilya at tila iwinaksi niya ang tradisyon. Pagdating sa mga pormalidad at sa kanyang pag-uugali, at maging sa kanyang pansariling kalooban, iwinaksi na niya ang gayong mga bagay tulad ng pamilya, tradisyon, at kaugalian. Ngunit inilalantad siya ng isang regalo sa kanyang kaarawan, pinabubulaanan at kinokondena ang kanyang paniniwala na siya ay “lubhang hindi tradisyonal.” Kung gayon, talaga bang tradisyonal ang taong ito o hindi? (Siya ay tradisyonal.) Ang pagiging tradisyonal ba ay mabuti o masama? (Masama.) Kaya naman, itinuturing mo man na tradisyonal o hindi tradisyonal ang iyong sarili, at anuman ang iyong lahi—ito man ay tinatawag na marangal na lahi o isang ordinaryong lahi—ang inyong mga panloob na kaisipan ay nakakulong. Gaano mo man hangarin at igalang ang kalayaan, gaano man katindi ang iyong determinasyon, pagnanais, at ambisyon na makalaya mula sa mga puwersa ng tradisyon at mula sa mga tradisyonal na kombensiyon ng pamilya, o gaano man nakahihikayat at kamakapangyarihan ang iyong mga aktuwal na kilos, kung hindi mo nauunawaan ang katotohanan, magpapasikot-sikot ka lang sa gitna ng mga turo at maling kaisipan na ikinikintal ni Satanas sa iyo, nang hindi nakakalabas. Ang ilang tao ay naiimpluwensiyahan ng tradisyonal na kultura, ang ilan ay naiimpluwensiyahan ng ideolohikal na edukasyon, ang iba naman ay naiimpluwensiyahan ng posisyon at katayuan, at ang iba pa ay naiimpluwensiyahan ng isang uri ng ideolohikal na sistema. Kuning halimbawa ang mga taong may kinalaman sa politika, tulad ng mga grupo ng tao na nagsusulong ng komunismo. Nagsimula sila bilang isang grupo ng mga proletaryo, tinanggap nila ang manifesto at mga teorya ng komunismo, kumawala sila sa tradisyon, sa piyudal na monarkiya, sa ilang lumang kaugalian, at pagkatapos ay tinanggap nila ang Marxismo-Leninismo at komunismo. Pagkatapos tanggapin ang mga ito, naging malaya ba sila, o patuloy silang pinaghihigpitan? (Patuloy silang pinaghihigpitan.) Inakala nila na sa pamamagitan ng paglipat mula sa isang lumang bagay patungo sa isang bagong bagay, magtatamo sila ng kalayaan. Hindi ba’t mali ang ideyang ito? (Oo, mali ito.) Mali ang ideyang ito. Maaaring magbago ang mga tao mula sa isang lumang bagay tungo sa anumang bagong bagay, ngunit hangga’t hindi ito ang katotohanan, habambuhay silang mabibitag sa lambat ni Satanas—hindi ito tunay na kalayaan. Inilalaan ng ilang tao ang kanilang sarili sa komunismo o sa isang partikular na adhikain, inilalaan naman ng iba ang kanilang sarili sa isang sinumpaang, samantalang inilalaan ng iba ang kanilang sarili sa isang teorya at dagdag pa rito, ang iba ay sumusunod sa mga kasabihan tulad ng “Haharapin ko ang panganib para sa isang kaibigan,” o “Ang isang tapat na mamamayan

ay hindi maaaring maglingkod sa dalawang hari,” o “Kapag may kaguluhan sa isang bansa, may responsabilidad ang bawat isa na gawin ang kanyang parte.” Nabibilang ba ang mga ito sa tradisyonal na kultura? (Oo.) Sa panlabas, maaaring tila napakapositibo, napakawasto, at talagang matayog at marangal ang mga bagay na ito sa gitna ng sangkatauhan, ngunit ang totoo, mula sa ibang perspektiba at gamit ang iba’t ibang paraan, ito ay nagbibigkis sa mga kaluluwa ng mga tao, naglilimita sa mga tao, at pumipigil sa kanila na makamit ang tunay na kalayaan. Gayumpaman, bago maunawaan ng mga tao ang katotohanan, pakiramdam lang nila ay hindi nila alam ang gagawin at kaya, tinatanggap nila ang mga bagay na ito, na itinuturing ng sangkatauhan na medyo positibo, bilang kanilang paraan ng pag-iral. Kaya, itong mga diumano’y tradisyonal na kultura—ang mga bagay na ito na sa palagay ng mga tao ay medyo maganda sa mundo—ay natural na tinatanggap ng mga tao. Pagkatapos tanggapin ang mga ito, nararamdaman ng mga tao na namumuhay sila nang may kapital, kumpiyansa, at motibasyon. Halimbawa, tinanggap ng ilang tao ang isang posisyon ng lipunang ito at ng sangkatauhang ito ukol sa kaalaman at mga kredensiyal. Ano ang posisyong ito? (Kayang baguhin ng kaalaman ang iyong kapalaran.) (Maliliit ang ibang paghahangad, ang mga libro ang nakahihigit sa lahat ng ito.) Sa kaibuturan ng kanilang puso, sinasang-ayunan at tinatanggap din at inaaprubahan ng mga tao ang mga bagay na ito. Kasabay ng pagtanggap at pag-apruba sa mga ito, habang mas tumatagal ang pakikibaka ng mga tao laban sa paghihirap sa lipunang ito, mas pinahahalagahan nila ang mga bagay na ito. Bakit ganoon? Ang mga tao ay umaasa lahat sa kaalaman sa buhay. Kung walang kaalaman at ang mga kredensiyal na ito, nararamdaman mo na hindi ka makakapagtatag ng posisyon sa lipunan. Aapihin at didiskriminahan ka ng iba, kung kaya desperado mong hinahabol ang mga bagay na ito. Mas mataas ang iyong mga kredensiyal, mas mataas din ang iyong katayuan sa lipunan o sa iyong lahi o komunidad, at magiging mas malaki at mas maganda ang paghanga at pagtrato sa iyo ng mga tao, at lalaki at gaganda ang iba’t iba pang bagay. Sa isang paraan, nagagawang tukuyin ng mga kredensiyal ng isang tao ang kanyang katayuan sa lipunan.

Noong nakaraan, may isang grupo ng pito o walong propesor ng unibersidad ang pumunta sa Beijing para sa karagdagang pag-aaral. Noong mga panahong iyon, maaaring wala pang mga serbisyo ng pagsundo o pagmaneho, kaya kinailangan nilang sumakay ng bus pagkarating ng Beijing. Sa katunayan, madalas na makikita ang mga propesor na tulad nila kahit saan sa Beijing. Hindi sila itinuturing na espesyal, mga ordinaryong tao lang sila. Ngunit sila mismo ay hindi nila alam ito, at dito nakasalalay ang bigat ng problema—naganap ang isyung ito batay sa problemang ito. Ano nga ba ang nangyari? Hinihintay ng grupo ng mga propesor na ito ang bus sa hintuan nito. Habang naghihintay sila, parami nang parami ang mga taong nagsiksikan at habang kumakapal ang dami ng mga tao, naging balisa ang lahat. Nang dumating ang bus, silang lahat ay nagdagsaan dito nang hindi hinihintay ang mga pasahero sa loob na makababa muna. Tinutulak at sinisiko nila ang isa’t isa, at gumagawa sila ng malaking

komosyon. Iyon ay isang napakagulong eksena. Pinag-isipan ito ng mga propesor, at sinabi nila: “Malinaw na hindi madali ang buhay para sa ating mga kapwa mamamayan sa Beijing, araw-araw silang sumasakay ng bus pagpunta at pauwi mula sa trabaho. Bilang mga propesor sa unibersidad, dapat nating isaalang-alang ang mga sitwasyon ng mga tao. Bilang nakatataas na intelektuwal, hindi tayo puwedeng makipagkompetensiya sa ordinaryong mamamayan. Dapat nating ipakita ang walang pag-iimbot na diwa ni Lei Feng sa pamamagitan ng pagpapaubaya sa kanila na maunang sumakay sa bus na ito, kaya, huwag tayong makipagsiksikan dito.” Lahat sila ay sumang-ayon dito at nagpasya silang maghintay sa susunod na bus. Subalit ang nangyari, nang dumating ang kasunod na bus, ganoon pa rin ang dami ng tao, at muling nagdagsaan ang mga nagkakagulo na grupong ito ng mga tao. Natulala ang mga propesor. Pinanood nilang mapuno ang bus at ang pag-alis nito, at muli na naman silang hindi nakasakay rito. Nag-usap sila ulit at sinabing, “Hindi naman tayo nagmamadali. Tayo ay mga nakatataas na intelektuwal kung tutuusin, hindi tayo puwedeng makipag-agawan sa mga ordinaryong tao para makasakay sa mga bus. Huwag tayong magmadali, baka hindi na masyadong maraming tao ang naghihintay sa susunod na bus.” Habang naghihintay sa ikatlong bus, medyo nababahala na ang mga propesor na ito. Ang ilan sa kanila ay napapakuyom ng kanilang mga kamao at nagsabing, “Kung pareho pa rin ang dami ng tao sa bus na ito, makikipagsiksikan na lang kaya tayo? Kung hindi, baka hindi na tayo makasakay sa ikalimang bus, o maging sa ikaanim na bus, kaya mas mabuti pang makipagsiksikan na lang tayo!” May iba naman na nagsabing, “Puwede bang makipagsiksikan ang mga nakatataas na intelektuwal sa bus? Masisira niyon ang ating imahe! Sobrang kahiya-hiya kung isang araw ay malaman ng mga tao na tayong mga nakatataas na intelektuwal ay nakipagsiksikan sa mga bus!” Nahahati ang kanilang mga opinyon. Habang nagdidiskusyon sila, nagkukumpulan na naman ang mga taong naghihintay. Sa puntong ito, balisang-balisa na ang mga propesor at tumigil na sila sa pag-uusap. Nang dumating ang bus, pagkabukas ng mga pintuan at bago pa man makababa ang lahat, ginaya ng mga propesor ang naunang grupo ng mga nagkakagulong tao, at sumiksik sila sa loob gamit ang lahat ng kanilang lakas. Ang ilan sa kanila ay nakapasok, samantalang ang ilang pinong intelektuwal—mga pinong iskolar—ay hindi nakapasok dahil hindi sila determinado at palaban. Iwan na natin doon ang usaping ito. Sabihin mo sa Akin, hindi ba’t katunayan ito? (Oo.) Ang pagsisiksikan na ito sa mga bus ay labis na pangkaraniwang pangyayari, at kayang-kayang magpanggap ng mga intelektuwal na ito! Sabihin mo sa Akin, ano ang problema rito? Pag-usapan muna natin ang mga intelektuwal na ito, na nakatanggap ng mas mataas na antas ng edukasyon at naging mga propesor na nagtuturo at nag-eeduka sa mga tao, at naging mga nakatataas na intelektuwal. Ibig sabihin, ang edukasyong natanggap nila at ang kaalamang taglay nila ay mas mataas kaysa sa antas na nakamit ng mga karaniwang tao, at ang kanilang kaalaman ay sapat para sila ay maging mga guro at tagapagturo ng mga tao, magbigay ng edukasyon, at magbahagi ng kaalaman sa mga tao—kaya tinatawag silang mga nakatataas na

intelektuwal. May mga problema ba sa mga ideya at pananaw ng mga nakatataas na intelektuwal na ito? Tiyak na may mga problema. Saan matatagpuan ang kanilang mga problema? Suriin natin ang usaping ito. Sa dami ng kaalaman at mataas na antas ng edukasyong natanggap nila, ang kanilang pag-iisip ba ay matigas o malaya? (Matigas.) Paano ninyo nalalaman na matigas ito? Saan matatagpuan ang kanilang mga problema? Una sa lahat, ipinahayag nila bilang mga nakatataas na intelektuwal ang kanilang sarili. May problema ba sa pahayag na ito? (Oo.) May problema sa pahayag na ito. Sumunod, sinabi nila na, “Kapag tayong mga nakatataas na intelektuwal ay sumasakay ng bus, hindi tayo dapat makipag-agawan at makipagsiksikan sa ibang tao para makapasok dito.” May problema ba sa pangungusap na ito? (Oo.) Ito ang pangalawang problema. Ang pangatlong problema ay nang sinabi nila na, “Tayong mga nakatataas na intelektuwal ay maaaring maghintay sa susunod na bus”—may problema ba sa puntong ito? (Oo.) May problema sa lahat ng puntong ito. Magpatuloy at himay-himayin ang usaping ito sa pamamagitan ng tatlong puntong ito, para makita kung ano ang mga problema. Kung magkakaroon kayo ng masusing pagkaunawa sa mga problema, una, hindi na ninyo iidolohin ang mga nakatataas na intelektuwal, at pangalawa, hindi na ninyo nanaising maging isang nakatataas na intelektuwal.

Ano ang unang punto? Na ipinroklama nila ang kanilang sarili bilang mga nakatataas na intelektuwal. May problema ba sa pahayag na ito? (Oo.) Walang mali sa terminong “pagpoproklama sa sarili,” na sa kasong ito ay nangangahulugan ng pagbibigay sa sarili ng titulo bilang isang nakatataas na intelektuwal. Kung gayon, may problema ba sa pariralang “bilang isang nakatataas na intelektuwal”? Ang katunayan, ang mga propesor sa unibersidad ay mga nakatataas na intelektuwal sa lipunan. Dahil ito ay isang katunayan, bakit may problema sa pariralang ito? (Inakala nila na sa pagkakaroon ng kaalaman, mas nakatataas sila kaysa sa iba.) Mas nakatataas sila kaysa sa iba—tiyak na may disposisyon sa likod nito. (Inakala nila na dahil nakakuha na sila ng mas maraming kaalaman, mas nakatataas sila kaysa sa iba. Sa katunayan, hindi nababago ng mga bagay na ito ang disposisyon ng isang tao.) Sa isang parte, tama ito, pero hindi ito malinaw na naipapaliwanag. Sino ang may anumang maidadagdag? (O Diyos, hindi ba’t sila ay hambog at mapagmagaling?) Tama ito, ngunit hindi mo naipaliwanag nang malinaw ang diwa. Ipaliwanag mo ito nang mas detalyado. (Kapag nakakuha na sila ng kaunting kaalaman, pakiramdam nila ay mas matayog at mas marangal sila kaysa sa iba, kaya hindi na nila magawang ituring ang kanilang sarili bilang mga ordinaryong tao. Para sa mga normal na tao na namumuhay sa lipunang ito, ang pakikipagsiksikan sa mga bus ay idinidikta ng kanilang kapaligiran sa totoong buhay at isa itong normal na bagay. Gayumpaman, sa sandaling ituring ng mga intelektuwal na ito ang kanilang sarili bilang napakataas at marangal, hindi na nila magagawang kumilos tulad ng mga normal na tao, at iisipin nila na ang mga ginagawa ng mga normal na tao ay nakasisira sa kanilang pagkakakilanlan, kaya pakiramdam ko ay hindi sila normal.) Hindi sila normal. Ang ipinapahiwatig na kahulugan sa pagpapahayag nila sa kanilang sarili bilang mga

nakatataas na intelektuwal ay hindi normal. Ibig sabihin, may baluktot na bagay sa kanilang pagkatao. Pakiramdam nila ay mas matayog at mas may halaga sila kaysa sa iba. Ano ang kanilang batayan para dito? Ito ay dahil nakatanggap sila ng maraming edukasyon, at busog na busog sila sa kaalaman, at kahit sino ang makasalamuha nila, hindi sila nauubusan ng sasabihin, at kaya nilang magturo ng mga bagay-bagay sa mga tao. Ano ang turing nila sa kaalaman? Itinuturing nila ito bilang isang pamantayan sa sariling asal at pagkilos ng isang tao, pati na rin sa moralidad ng isang tao. Naniniwala sila na ngayong mayroon na silang kaalaman, ang kanilang integridad, karakter, at pagkakakilanlan ay marangal, natatangi, at may halaga, na ipinapahiwatig na ang mga nakatataas na intelektuwal ay mga banal. Hindi ba't ganito ang sitwasyon? (Oo.) Ito ang ibig sabihin ng pagiging mataas ang antas para sa kanila, kaya kapag kailangan nilang sumiksik sa isang bus, hindi nila ito gagawin. Bakit hindi? Ano ang kumokontrol sa kanila? Sa anong mga limitasyon at paghihigpit sila napapasailalim? Pakiramdam nila ay makakasira sa kanilang pagkakakilanlan at imahe ang pakikipagsiksikan sa bus. Naniniwala sila na ang kanilang pagkakakilanlan at imahe ay ipinagkaloob sa kanila ng kaalaman, kaya't ipinoproklama nila ang kanilang sarili bilang mga nakatataas na intelektuwal. Batay sa pagsusuring ito, hindi ba't nakaririmarim ang kanilang sinabi? Oo, talagang nakaririmarim. Gayumpaman, palibot-libot silang nagmamayabang sa pamamagitan ng pagsasabing "kaming mga nakatataas na intelektuwal." Sa katunayan, iniisip ng iba na sila ay mga intelektuwal lang, na may naghihikahos at pedantikong pag-uugali na minaliit pa nga ng mga tao, pero inaakala pa rin nila na sila ay talagang marangal. Hindi ba't may problema rito? Naniniwala sila na napakamarangal nila at na matayog ang kanilang pagkakakilanlan, maging hanggang sa puntong gusto nilang bigyan ng titulo ang kanilang sarili bilang mga banal. Ang pananaw bang ito ay isang pagpigil sa kanila kahit papaano? Ano ang kanilang posisyon tungkol sa kaalaman? Ito ay na, kapag ang mga tao ay may kaalaman na, mas mataas ang kanilang integridad, sila ay nagiging respetado at marangal, at dapat silang igalang. Kaya, hinahamak at kinokondena nila ang ilang medyo normal na kilos na ginagawa ng mga ordinaryong tao. Halimbawa, kapag bumabahing ang mga intelektuwal, tinitingnan nila ang mga tao sa paligid nila at mabilis na humihingi ng paumanhin, samantalang kapag bumabahing ang mga ordinaryong tao, wala silang pakialam. Sa katunayan, ang pagdighay at pagbahing ay mga normal na bagay sa buhay, ngunit sa mga mata ng mga intelektuwal na ito, ang mga ito ay mga pag-uugaling kagaspangan at pagiging walang pakundangan, kaya hinahamak nila at tinatrato nila ang mga ito nang may pangmamaliit, sinasabing, "Tingnan mo nga ang mga walang-modo na ordinaryong tao na ito. Kung paano sila bumahing, umupo, at tumayo ay napakabastos, at kapag dumarating ang mga bus, nakikipagsiksikan sila, at wala silang alam tungkol sa magalang na pagbibigay-daan!" Pagdating sa kaalaman, ang kanilang posisyon ay: Ang kaalaman ay isang simbolo ng pagkakakilanlan, at maaaring baguhin ng kaalaman ang tadhana ng mga tao, pati na ang kanilang pagkakakilanlan at halaga.

Ano ang pangalawang punto? (Na ang mga nakatataas na intelektuwal ay hindi puwedeng makipagsiksikan sa iba para makasakay ng bus.) Hindi sila puwedeng makipagsiksikan sa iba para makasakay ng bus. Ang sumiksik sa bus ay isa lang maliit na bagay na naranasan nila sa kanilang buhay. Ano ang inirerepresenta ng bagay na ito? Ibig sabihin, naniwala sila na dapat ay pino ang pananalita at kilos ng mga taong may partikular na dami ng kaalaman, at dapat na naakma ang mga ito sa pagkakakilanlan ng mga ito. Halimbawa, dapat dahan-dahan maglakad ang gayong mga tao, at kapag nakikipag-ugnayan sa iba, dapat nilang ipadama sa iba na mabait sila, madaling lapitan, at karapat-dapat igalang, at dapat na pino ang kanilang pananalita at kilos. Hindi sila puwedeng maging katulad ng mga ordinaryong tao, dapat nilang ipakita sa mga tao ang kaibahan nila sa mga ordinaryong tao—sa ganitong paraan lang nila maipangangalandakan na ang kanilang pagkakakilanlan ay natatangi at hindi katulad sa iba. Sa kaibuturan ng kanilang puso, naniniwala ang mga propesor na ito na ang mga bagay tulad ng pakikipagsiksikan sa mga bus ay ginagawa ng mga taong nasa mababang antas ng lipunan at ng mga hindi nakatanggap ng mataas na antas ng edukasyon, at saka, ang mga bagay na ito ay ginagawa ng mga taong walang mataas na kaalaman o pagkakakilanlan na tulad ng sa isang nakatataas na intelektuwal. Kung gayon, ano ang mga bagay na ginagawa ng mga nakatataas na intelektuwal na ito? Tumatayo sa pulpito nang nangangaral ng mga doktrina, nagbabahagi ng kaalaman, at lumulutas sa mga pag-aalinlangan ng mga tao—ito ang mga tungkulin nila, na kumakatawan sa kanilang pagkakakilanlan, imahe, at propesyon. Maaari lang nilang gawin ang mga bagay na ito. Ang mga pang-araw-araw na atupagin at karaniwang gawain ng mga ordinaryong tao ay dapat walang kaugnayan sa kanila, sila na isang uri ng mga tao na hiwalay sa mga “bulgar at mababang-lasa” na mga ito. Paano nila inilarawan ang mga pang-araw-araw na atupagin at karaniwang gawain ng mga ordinaryong tao, at maging ang mga kilos tulad ng pakikipagsiksikan sa mga bus? (Bulgar.) Tama, bulgar at walang modo. Ito ang depinisyon mula sa kaibuturan ng kanilang puso para sa mga karaniwan at ordinaryong tao na mas mababa sa kanila.

Pag-usapan natin ang ikatlong punto—“Tayong mga nakatataas na intelektuwal ay maaaring maghintay sa susunod na bus”—anong klase ng diwa ito? Hindi ba’t ito ang diwa ng pagpapaubaya ni Kong Rong sa mas malalaking peras, gaya ng isinalaysay sa tradisyonal na kultura? Ang impluwensiya ng tradisyonal na kultura sa mga intelektuwal ay napakalalim. Bukod sa tinatanggap nila ang tradisyonal na kultura, tinatanggap din nila sa kanilang puso ang maraming ideya at pananaw na mula sa tradisyonal na kultura at itinuturing na mga positibong bagay ang mga ito, kahit hanggang sa puntong itinuturing nila ang ilang sikat na kasabihan bilang mga motto, at sa paggawa nito, sila ay nasasadlak sa maling landas ng buhay. Ang tradisyonal na kultura ay kinakatawan ng doktrinang Confucianista. Ang doktrinang Confucianista ay mayroong kabuuang hanay ng mga ideolohikal na teorya, pangunahin nitong isinusulong ang tradisyonal na kulturang moral, at ito ay iginagalang ng mga naghaharing uri ng mga dinastiya sa buong

kasaysayan, na nagbigay-galang kina Confucius at Mencius bilang mga banal. Isinusulong ng doktrinang Confucianista na ang isang tao ay dapat magtaguyod sa mga prinsipyo ng kabutihang-loob, pagiging matuwid, kagandahang-asal, karunungan, at pagiging mapagkakatiwalaan, matuto muna na maging kalmado, mahinahon at mapagtimpi sa tuwing nangyayari ang mga bagay-bagay, maging kalmado at pag-usapan ang mga bagay-bagay, huwag makipag-away o makipag-agawan sa mga bagay-bagay, at matutong maging magalang na nagpapaunlak, at magkamit ng respeto mula sa lahat—ito ay pag-asal nang may dekorum. Inilalagay ng mga intelektuwal na ito ang kanilang sarili sa mas mataas na posisyon kaysa sa mga karaniwang tao, at sa mga mata nila, ang lahat ng tao ay mga tagatanggap ng kanilang pagtitiis at pagpaparaya. Ang “mga epekto” ng kaalaman ay napakalaki! Ang mga taong ito ay lubos na nahahawig sa mga huwad na maginoo, hindi ba? Ang mga taong nakakakuha ng napakaraming kaalaman ay nagiging mga huwad na ginoo. Kung ilalarawan sa isang parirala ang grupong ito ng mga pinong iskolar, ito ay tatawaging pinong tikas ng pagiging iskolar. Ano ang mga prinsipyo ng pakikitungo ng mga pinong iskolar na ito sa isa’t isa? Ano ang kanilang pamamaraan sa mga makamundong pakikitungo? Halimbawa, tinutukoy ng mga ordinaryong tao ang mga lalaking may apelyido na Li bilang “Lao Li” o “Xiao Li.”^a Sa ganitong paraan din ba sila tatawagin ng mga intelektuwal? (Hindi.) Paano sila tatawagin ng mga intelektuwal? (Ginoong Li.) Kung nakakita sila ng babae, tatawagin nila itong si Binibining Ganito-at-ganyan, at lalo silang magiging magalang at matikas, katulad ng mga maginoo. Nagpapakadalubhasa sila sa pag-aaral at paggaya sa pinong tikas na ipinapakita ng mga maginoo. Sa anong tono at paraan sila nakikipag-usap at nakikipagtalakayan? Ang mga ekspresyon sa kanilang mukha ay napakabanayad, at nagsasalita sila nang magalang at may pagtitimpi. Ipinapahayag lang nila ang kanilang sariling mga pananaw at kahit na alam nila na mali ang mga pananaw ng iba, wala silang anumang sinasabi. Walang nananakit ng damdamin ng sinuman, at ang mga salita nila ay napakabanayad, na parang binalot sa bulak para hindi makasakit o makairita kaninuman, na nakakapagdulot sa isang tao na makaramdam ng pagkasuklam, pagkabalisa, o pagkagalit sa pakikinig pa lang sa mga ito. Ang totoo ay walang malinaw na pananaw ang sinuman, at walang bibigay kaninuman. Ang ganitong mga uri ng tao ay napakahusay magpanggap. Kapag nahaharap sa kahit na pinakamaliit na bagay, magpapanggap sila at pagtatakpan nila ang kanilang sarili, at wala sa kanila ang magbibigay ng malinaw na paliwanag. Sa harap ng mga ordinaryong tao, anong klaseng tindig ang nais nilang ipakita, at anong uri ng imahe ang nais nilang ipalabas? Iyon ay para ipakita sa ordinaryong tao na sila ay mga disenteng maginoo. Ang mga maginoo ay mas angat kaysa sa iba at iginagalang sila ng mga tao. Iniisip ng mga tao na mayroon silang mas malalim na kabatiran kaysa sa mga

^a Ang “Lao” at “Xiao” ay mga unlaping idinaragdag bago ang mga apelyido sa wikang Tsino bilang isang katawagan na nagpapahayag ng pagiging malapit o pagiging kaswal na pinagsasaluhan ng isang nagsasalita at ng isang nakikinig.

karaniwang tao, at na mayroon silang mas mainam na pagkaunawa sa mga bagay-bagay kumpara sa mga karaniwang tao, kaya, kumokonsulta sa kanila ang lahat sa tuwing may isyu ang mga ito. Ito mismo ang kalalabasan na nais ng mga intelektuwal na ito, lahat sila ay umaasam na igalang sila bilang mga banal.

Kung titingnan mula sa tatlong puntong hinimay-himay natin, kapag natanggap ng mga propesor na ito ang titulo na “nakatataas na intelektuwal,” ang pag-iisip ba nila ay mas malaya o mas limitado? (Limitado.) Tiyak na limitado ito. Nilimitahan ng ano? (Ng kaalaman.) Ang kaalaman ay isang bagay sa loob ng kanilang propesyon. Sa katunayan, hindi talaga sila nililimitahan ng kaalaman. Ano ang naglilimita sa kanila? Ito ay ang kanilang saloobin tungkol sa kaalaman, at ang mga impluwensiya ng kaalaman sa kanilang pag-iisip, pati na ang mga pananaw na ikinintal nito—ito ang problema. Kaya, habang mas mataas ang antas ng kaalamang nakukuha nila, mas lalo nilang nararamdaman na hindi katulad ng iba ang kanilang pagkakakilanlan at katayuan, at mas lalo nilang nararamdaman na marangal at dakila sila, at kasabay nito, mas lalong nagiging limitado ang kanilang pag-iisip. Kung titingnan ito sa ganitong pananaw, nagkamit ba ng kalayaan ang mga taong nakakuha ng mas maraming kaalaman, o nawalan sila ng kalayaan? (Nawalan ng kalayaan.) Sa katunayan, nawalan sila ng kalayaan. Ang kaalaman ay may impluwensiya sa pag-iisip ng mga tao at sa kanilang katayuan sa lipunan, at ang impluwensiya nito sa mga tao ay hindi positibo. Hindi kailanman totoo na kapag mas marami kang nakukuhang kaalaman, mas mauunawaan mong mabuti ang mga prinsipyo, direksyon, at layon na dapat mayroon ka tungkol sa iyong sariling asal. Sa kabaligtaran, kapag mas hinahabol mo ang kaalaman, at mas malalim ang kaalamang nakukuha mo, mas lalo kang malilihis mula sa mga kaisipan at pananaw na dapat mayroon ang mga tao na may normal na pagkatao. Katulad lang ito ng grupo ng mga intelektuwal na nakatanggap ng maraming kaalaman at edukasyon, ngunit hindi man lang nakauunawa ng isang simpleng usapin ng sentido komun. Anong sentido komun iyon? Kapag maraming tao, kailangan mong makipagsiksikan para makasakay sa bus. Kung hindi ka makikipagsiksikan, hinding-hindi ka makakasakay ng bus—ni hindi nila alam ang pinakasimpleng panuntunang ito. Sabihin mo sa Akin, naging matalino ba sila o naging hangal? (Naging hangal sila.) Sa katunayan, sila ay isang grupo ng mga hangal. Hindi nakatanggap ng napakataas na kaalaman o edukasyon ang mga ordinaryong tao, at wala silang ganitong katayuan, pero nauunawaan nila ang puntong ito at sinasabing, “Kapag sumasakay ng bus at maraming tao ang nandoon, kailangan mong makipagsiksikan, at kailangan mong ibuhos ang iyong lakas, dahil kung babagal-bagal ka nang kahit kaunti, at mabagal nang isang hakbang ang pagtugon ng iyong utak, maaari kang mapunta sa likuran ng maraming tao at kailangan mong hintayin ang susunod na bus.” Ito ay isang batayang usapin ng sentido komun sa buhay, na pamilyar sa mga ordinaryong tao, pero hindi ito naunawaan ng mga intelektuwal na ito, kaya naghintay sila ng bus nang paulit-ulit. Ano ang pumipigil sa kanila? Sila ay mahigpit na nakagapos sa pahayag na “tayo ay mga nakatataas na intelektuwal.” Ganoon iyon. Ni

hindi nila alam kung paano harapin o pangasiwaan ang ganito kasimpleng problema sa tunay na buhay. Sila ay isang grupo ng mga hangal! Ano ang idinulot ng kaalaman sa kanila? Ang idinulot nito sa kanila ay na inihiwalay sila nito sa ibang tao, hindi nila alam kung paano mamuhay, at hindi nila alam kung paano pangasiwaan ang mga bagay na nangyayari sa tunay na buhay. Gumamit sila ng isang matayog na teorya para tugunan ang isa sa mga pinakakaraniwang problema na nararanasan ng mga ordinaryong tao sa tunay na buhay, at hindi nila alam kung ano ang magiging kahihinatnan matapos nila itong pangasiwaan sa ganitong paraan—marahil ay hindi pa rin nila ito nauunawaan hanggang ngayon. Marahil ay mapag-iisipan lang nila nang mabuti ang usaping ito kapag matanda na sila. Sa panahong iyon, hindi na sila magkakaroon ng anumang lawrel, at sapat na ang natamasa nilang marangal na reputasyon ng isang nakatataas na intelektuwal sa buong buhay nila. Isang araw, maaaring maalala nila ang kahabag-habag na paggawi nila noon sa pakikipag-unahan sa bus, at bigla nilang mapagtatanto na hindi na sila gaanong marangal o nakatataas, at bigla nilang mapagtatanto, “Mapapakain ba ako nitong delikadesa ng isang iskolar? Hindi ba’t kailangan ko pa ring kumain nang tatlong beses sa isang araw tulad ng mga ordinaryong tao? Hindi naman ako naiiba sa kanila. Sa katandaan ko, hindi ba’t naglalakad din ako nang nakayukod? At hindi ba’t nanginginig din ako sa takot at nangangamba sa tuwing nahaharap ako sa panganib? At kapag nahaharap sa kamatayan ng isang minamahal sa buhay o sa isang masayang pangyayari, hindi ba’t malungkot o masaya rin ako gaya ng nararapat? Hindi ba’t namumuhay lang ako katulad ng mga ordinaryong tao? Hindi ako naiiba sa ibang tao!” Sa oras na iyon, masyado nang huli para sa kanila ang kaalamang ito. Ito ang iba’t ibang uri ng kapangitan na ipinapakita ng mga tao na tumatanggap ng ilang diumano’y positibong kasabihan at pananaw samantalang hindi naman nila nauunawaan ang katotohanan. Kapag hindi alam ng mga tao kung wasto o mali ang mga pananaw na ito, madalas nilang itinuturing ang mga pananaw at kasabihang ito bilang mga katotohanang dapat sundin at gamitin, at kapag ginamit nga nila ang mga ito, karaniwan silang nakakaranas ng iba’t ibang uri ng kahihinatnan, at lahat ng uri ng mga nakakaasiwa ay nangyayari. Ano ang mga kahihinatnan nito sa mga tao? Habang patuloy na naghahangad ang mga tao ng kalayaan, patuloy rin silang napapadpad mula sa pusod ng isang kaguluhan tungo sa pusod ng isa pa, at sunod-sunod na pagkakagapos. Hindi ba’t ganito ang kaso? Kaya, kapag hindi mo nauunawaan ang katotohanan—ang pinanghahawakan mo man ay isang pananaw, isang tradisyonal na kultura, o isang uri ng panuntunan, sistema, o teorya, at kung ang mga bagay man na ito ay medyo luma na sa lipunan, o medyo bago at nasa uso—hindi kailanman mapapalitan ng mga bagay na ito ang katotohanan, dahil hindi ang mga ito ang katotohanan. Gaano ka man kagaling sa pagsunod o paggamit sa mga ito, sa huli ay ililihis ka lang ng mga ito mula sa katotohanan, sa halip na makamit mo ang katotohanan. Habang mas lalo mong sinusunod ang mga bagay na ito, mas lalo ka lang malalayo mula sa katotohanan at mas lalo kang malilihis mula sa daan ng

Diyos at sa daan ng katotohanan. Sa kabilang banda, kung magagawa mong aktibong bumitiw sa mga diumano'y positibong bagay, teorya, at huwad na mga katotohanang ito, kung gayon, medyo mabilis kang makakapasok sa katotohanan. Sa ganitong paraan, hindi gagamitin ng mga tao ang diumano'y mga tradisyonal na kultura at mga huwad na katotohanang ito bilang mga prinsipyo ng pagsasagawa sa kanilang pang-araw-araw na buhay, kapalit ng katotohanan at mga salita ng Diyos, at unti-unting maiibsan at malulutas ang nakakaasiwang sitwasyon na ito.

Iniisip ng ilang tao na natamo na nila ang katotohanan sa pamamagitan ng pagwaksi sa tradisyonal na kultura ng isang pamilya at isang bansa, at sa pagtanggap ng isang banyagang tradisyonal na kultura mula sa ibang bansa; iniisip ng ilang tao na natamo na nila ang katotohanan sa pamamagitan ng pagwaksi sa isang luma at tradisyonal na kultura at mga lumang ideya at pananaw, at sa pagtanggap sa mga medyo mas maunlad at mas modernong ideya. Kung titingnan ito ngayon, tama ba o mali ang mga taong ito? (Mali.) Mali silang lahat. Inaakala ng mga tao na sa pamamagitan lang ng pagwaksi sa mga lumang bagay nila makakamtan ang kalayaan. Ano ang ipinapahiwatig ng pagkakamit ng kalayaan? Nangangahulugan ito na natamo na ng isang tao ang katotohanan at ang tunay na paraan ng pamumuhay na dapat taglayin ng isang tao. Inaakala ng mga tao na natatamo sa ganitong paraan ang tunay na daan. Totoo ba talaga ito? Tama ba ito? Hindi. Anumang moderno at maunlad na kultura ang tinatanggap ng sangkatauhan, sa huli, ito ay tradisyonal na kultura pa rin, at hindi nagbabago ang diwa nito. Ang tradisyonal na kultura ay mananatiling tradisyonal na kultura magpakailanman. Hindi mahalaga kung makayanan man nito ang pagsubok ng panahon o ang pagsubok ng mga katunayan, o kung ito man ay pinagpipitagan ng sangkatauhan; sa huli, ito ay tradisyonal na kultura pa rin. Bakit ang mga tradisyonal na kulturang ito ay hindi ang katotohanan? Ang pinakapunto nito ay na ang mga bagay na ito ay mga ideya na lumitaw pagkatapos gawing tiwali ni Satanas ang sangkatauhan. Ang mga ito ay hindi nagmumula sa Diyos. Ang mga ito ay nadungisan ng ilang imahinasyon at kuru-kuro ng mga tao, at higit pa rito, ang mga ito ang mga kinahinatnan ng paggawang tiwali ni Satanas sa sangkatauhan. Sinasamantala ni Satanas ang mga ideya, pananaw, at lahat ng uri ng kasabihan at argumento ng tiwaling sangkatauhan para igapos at gawing tiwali ang pag-iisip ng mga tao. Kung gagamitin ni Satanas ang ilang bagay na halatang kakatwa, walang katuturan, at mali para ilihis ang mga tao, magkakaroon ng pagkilatis ang mga tao; matutukoy nila ang kaibahan sa pagitan ng tama at mali, at gagamitin nila ang pagkilatis na ito para itatwa at kondenahin ang mga bagay na iyon. Kaya, ang ganitong pagtuturo ay hindi kayang manindigan kapag sinuri. Gayumpaman, kapag si Satanas, para makondisyon, maimpluwensiyahan at maitanim sa isipan ng mga tao, ay gumagamit ng ilang ideya at teorya na umaayon sa mga kuru-kuro at imahinasyon ng mga tao, at na sa tingin nito ay kayang manindigan sa pagsusuri kapag binigkas nang malakas, madaling nalilihis ang sangkatauhan, at madali ring tinatanggap at ipinalalaganap ng mga tao ang mga kasabihang ito, kung kaya nananatili ang mga kasabihang ito sa sunod-sunod

na henerasyon, hanggang sa kasalukuyan. Halimbawa, tingnan ang ilang kuwento tungkol sa mga bayani ng Tsina, tulad ng mga makabayang kuwento tungkol kay Yue Fei, sa mga heneral ng pamilya Yang, at kay Wen Tianxiang. Paanong naipasa ang mga ideyang ito hanggang sa kasalukuyan? Kung titingnan natin ito mula sa aspekto ng mga tao, sa bawat panahon ay may isang uri ng tao o isang uri ng pinuno na patuloy na gumagamit sa mga halimbawang ito at gumagamit sa mga ideya at espiritu ng mga katauhang ito para turuan ang sunod-sunod na henerasyon ng mga tao, para masunurin at maamong tanggapin ng sunod-sunod na henerasyon ng mga tao ang kanyang pamumuno, at sa gayon ay madali niyang mapamahalaan ang sunod-sunod na henerasyon ng mga tao, at gawing mas matatag ang kanyang pamumuno. Sa pamamagitan ng pagtatalakay tungkol sa hangal na debosyon kay Yue Fei at sa mga heneral ng pamilya Yang, pati na rin sa makabayang espiritu nina Wen Tianxiang at Qu Yuan, tinuturuan niya ang kanyang mga nasasakupan at ipinapaalam sa kanila ang isang panuntunan, na ang isang tao ay dapat umasal nang may katapatan—ito ang dapat taglayin ng isang tao na may karakter ng marangal na moralidad. Hanggang sa anong antas ng katapatan? Hanggang sa saklaw na “Kapag iniuutos ng emperador sa mga opisyal niya na sila ay mamatay, wala silang magagawa kundi ang mamatay,” at “Ang isang tapat na mamamayan ay hindi maaaring maglingkod sa dalawang hari”—ito ay isa pang kasabihan na pinagpipitagan niya. Pinagpipitagan din niya ang mga nagmamahal sa kanilang bansa. Ang pagmamahal sa sariling bansa ay nangangahulugang pagmamahal sa ano, o kanino? Pagmamahal sa lupa? Pagmamahal sa mga tao rito? At ano ang isang bansa? (Ang mga namumuno.) Ang mga namumuno ang mga kinatawan ng bansa. Kung sasabihin mo na, “Sa totoo lang, ang pagmamahal ko sa aking bansa ay pagmamahal sa aking bayan at sa aking mga magulang. Hindi ko kayo mahal, kayong mga namumuno!” kung gayon ay magagalit sila. Kung sasabihin mo na, “Ang pagmamahal ko sa aking bansa ay pagmamahal para sa mga namumuno, mula sa kaibuturan ng aking puso,” tatanggapin nila ito at sasang-ayunan ang gayong pagmamahal; kung ipapaunawa mo sa kanila at lilinawin na hindi sila ang minamahal mo, kung gayon ay hindi sila sasang-ayon. Sino ang kinakatawan ng mga namumuno sa paglipas ng panahon? (Si Satanas.) Sila ay kumakatawan kay Satanas, sila ay mga kasapi ng grupo ni Satanas, at sila ay mga diyablo. Hindi nila maaaring turuan ang mga tao na sambahin ang Diyos, na sambahin ang Lumikha. Hindi nila maaaring gawin ito. Sa halip, sinasabi nila sa mga tao na ang namumuno ay ang anak ng langit. Ano ang ibig sabihin ng “anak ng langit”? Nangangahulugan ito na pinagkakalooban ng Langit ng kapangyarihan ang isang tao, at ang taong ito ay tinatawag na “anak ng langit” at may kapangyarihang maghari sa lahat ng tao sa ilalim ng langit. Ito ba ay isang ideya na itinatanim sa mga tao ng mga namumuno? (Oo.) Kapag ang isang tao ay naging anak ng langit, ito ay itinakda ng Langit, at ang kalooban ng Langit ay nasa kanya, kaya dapat tanggapin ng mga tao ang pamumuno ng taong iyon nang walang kondisyon, anumang uri ng pamumuno ito. Ang itinatanim nila sa mga tao ay ang ideyang ito, na nagbubunsod sa iyo na tanggapin ang

taong iyon bilang anak ng langit batay sa iyong pagkakilala sa pag-iral ng Langit. Ano ang layon ng panghihikayat sa iyo na tanggapin ang taong iyon bilang anak ng langit? Hindi ito para kilalanin mo na mayroong Langit, o na mayroong Diyos, o na mayroong Lumikha, kundi para magawa mong tanggapin ang mismong katunayan na ang taong ito ang anak ng langit, at dahil sa siya ang anak ng langit, na dulot ng kalooban ng Langit, dapat tanggapin ng mga tao ang kanyang pamumuno—ito ang mga uri ng ideyang itinatanim ng mga namumuno. Sa likod ng lahat ng ideyang ito na nabuo mula sa simula ng sangkatauhan hanggang sa kasalukuyan—kung ang mga hinihimay-himay natin ay mga parirala o idyomang naglalaman ng mga alusyon o mga katutubong salawikain at mga karaniwang kasabihan na ganap na walang alusyon—ay naroroon ang mga gapos at panlilihis ni Satanas sa sangkatauhan, pati na ang nakalililang na depinisyon ng tiwaling sangkatauhan tungkol sa mga ideyang ito mismo. Ano ang impluwensiya nitong nakalililang na depinisyon sa sangkatauhan sa mga sumunod na panahon? Ito ba ay mabuti, positibo o negatibo? (Negatibo.) Ito ay likas na negatibo. Halimbawa, ang mga kasabihang “Pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo,” at “Itago ang liwanag at magipon ng lakas sa dilim,” at “Pagtitiis sa kahihiyan at pagdadala ng mabigat na pasanin,” at “Hinding-hindi susuko,” pati na ang “Magkunwaring gumagawa ng isang bagay habang iba ang ginagawa”—ano ang impluwensiya ng mga kasabihang ito sa sangkatauhan sa mga sumunod na panahon? Ibig sabihin, kapag tinanggap ng mga tao ang mga ideyang ito mula sa tradisyonal na kultura, ang bawat sunod-sunod na henerasyon ng mga tao ay palayo nang palayo sa Diyos, at palayo nang palayo sa paglikha at pagliligtas ng Diyos sa mga tao, at sa Kanyang gawain ng plano ng pamamahala. Kapag tinanggap ng mga tao ang mga maling pananaw na ito mula sa tradisyonal na kultura, lalo nilang nararamdaman na dapat nasa kanilang sariling mga kamay ang tadhana ng tao, at na dapat likhain ng kanilang sariling mga kamay ang kaligayahan, at na ang mga oportunidad ay nakalaan para sa mga taong handa, na nagiging sanhi para lalong itatwa ng sangkatauhan ang Diyos, itatwa ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, at mamuhay sa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas. Kung ihahambing mo kung ano ang gustong pag-usapan ng mga tao sa makabagong panahon at kung ano ang gustong pag-usapan ng mga tao noong nakalipas na dalawang libong taon, ang kahulugan ng kaisipan sa likod ng mga bagay na ito ay talagang pareho. Ang kaibahan lang ay mas partikular nang napag-uusapan ng mga tao sa panahon ngayon ang mga bagay na iyon at mas hayagan na silang magsalita tungkol sa mga ito. Bukod sa itinatatwa nila ang pag-iral at kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, lalong lumulubha ang paglaban at pagkondena nila sa Diyos.

Halimbawa, sinabi ng mga tao sa sinaunang panahon na “Kapag may kaguluhan sa isang bansa, may responsabilidad ang bawat isa na gawin ang kanyang parte,” isang kasabihang ipinasa hanggang sa kasalukuyan. Pinahahalagahan ng mga tao ang kasabihang ito, lalo na ng mga makabayan, na itinuturing ito na kanilang motto. Ngayong nakarating kayo sa ibang bansa, kung sasabihin ng ibang tao na may isang insidenteng

nangyari sa Tsina, may kinalaman ba ito sa inyo? (Wala.) Bakit ninyo sinasabing wala itong kinalaman sa inyo? May ilan na nagsasabing, “Kinamumuhian ko ang bansang iyon. Ang mga Komunista ang nasa kapangyarihan ngayon, ang masamang partidong politikal na iyon. Ang Partido Komunista ay ang diyablong si Satanas, ito ay isang totalitaryang rehimen, at wala itong kinalaman sa akin. Inuusig kami nito at hinahadlangan kami sa pananampalataya sa Diyos. Kinamumuhian ko ito.” Ipagpalagay na isang araw, ang bansang iyon ay malapit nang mawasak—maaaring wala kang anumang nararamdaman sa puso mo, ngunit kapag nabalitaan mo na ang lalawigan na dati mong pinagmulan ay sinalakay at sinakop ng mga dayuhang grupo, mararamdaman mo na parang naging isa kang refugee, isang palaboy na walang bahay na mauuwian, at mababagabag ka at mararamdaman mong hindi ka na makakabalik sa iyong pinanggalingan tulad ng mga dahong nalagas. Ang pagbabalik sa pinanggalingan tulad ng mga dahong nalagas—ito ay isa pang tradisyonal na ideya. At ipagpalagay na, isang araw pagkatapos niyon, bigla mong nabalitaan na ang iyong bayan—ang lupain kung saan ka isinilang at pinalaki—ay sinalakay at sinakop ng mga dayuhang grupo, ang daang tinatahak mo papuntang paaralan araw-araw ay sinakop ng mga dayuhang grupo, at ang bahay mo at ang lupa ng iyong pamilya ay inangkin ng mga dayuhang grupo. Ang dati mong pag-aari ay wala na—ang maliit na piraso ng lupang iyon na malalim na nakaukit sa iyong isipan, ang piraso ng lupang pinakamalapit sa loob mo ay wala na, at ang lahat ng iyong kamag-anak doon ay wala na. Sa oras na iyon, maisip mo na, “Paano ako magkakaroon ng tahanan kung wala akong bansa? Ngayon, naging isang refugee na talaga ako, wala na talaga akong tirahan, isa na akong palaboy. Mukhang ang kasabihang ‘Kapag may kaguluhan sa isang bansa, may responsabilidad ang bawat isa na gawin ang kanyang parte’ ay tama!” Kapag dumating ang oras na iyon, magbabago ka. Kaya, bakit hindi mo naiisip ngayon na tama ang kasabihang ito? May pinagmumulan at batayan ito, dahil ang bansang iyon ay inuusig ka at nagdudulot sa iyo ng labis na dalamhati, at hindi ka tinatanggap nito, at kinamumuhian mo ito. Ang totoo, hindi naman talaga ang lupang iyon ang kinamumuhian mo. Ang kinamumuhian mo ay ang satanikong rehimen na umuusig sa iyo. Hindi mo ito kinikilala bilang iyong bansa, kaya sa mga oras na ito, sa tuwing sinasabi ng iba na, “Kapag may kaguluhan sa isang bansa, may responsabilidad ang bawat isa na gawin ang kanyang parte,” sinasabi mo, “Wala itong kinalaman sa akin.” Pero kapag isang araw, ang lupain kung saan ka isinilang at pinalaki ay hindi na sa iyo, at wala ka nang bayan, mararamdaman mo na isa kang palaboy at isang taong walang nasyonalidad, at na talagang nawalan ka na ng bansa. Sa oras na iyon, makakaramdam ka ng kirot sa iyong puso. Para saan ang kirot na ito? Maaaring hindi mo pa ito masyadong nararamdaman sa ngayon, pero darating ang araw na mararamdaman mo ito nang lubusan. Sa anong mga sitwasyon mo ito mararamdaman nang lubusan? Hindi nakakatakot kung mawawasak ang iyong bansa at magiging miyembro ka ng isang nalupig na bansa. Ano ang nakakatakot? Kapag ikaw ay naging isang miyembro ng isang nalupig na bansa at ikaw ay inaapi, nilalait,

dinidiskrimina, niyuyurakan, at wala kang lugar na matitirhan nang payapa, sa oras na iyon ay maiisip mo na, “Ang pagkakaroon ng isang bansa ay napakahalaga. Kung walang bansa, walang tunay na tahanan ang mga tao. Ang mga tao ay mayroong tahanan batay sa pagkakaroon ng bansa, kaya tama ang kasabihang—‘Kapag may kaguluhan sa isang bansa, may responsabilidad ang bawat isa na gawin ang kanyang parte.’” Sa pariralang “may responsabilidad ang bawat isa na gawin ang kanyang parte,” para saan ba ang “responsabilidad” na ito? Para sa kapayapaan ng iyong sariling tahanan, para maprotektahan mo ang iyong tahanan. Kapag iniisip mo ang tungkol dito, kapag dinidiskrimina ka ng mga dayuhang grupo o nasa isang banyagang lupa ka, kapag kailangan mo ng isang lugar na kabibilangan, at kapag kailangan mo ng isang bansa na susuporta sa iyong dignidad, dangal, pagkakakilanlan, at katayuan, ano ang mararamdaman mo? Maiisip mo na, “Kung ang isang tao na nasa isang banyagang bansa ay may malakas na suporta sa likod niya, tiyak na iyon ay mula sa isang dakilang inang bayan!” Mag-iiba ba ang estado ng iyong isipan sa panahong iyon, kumpara sa ngayon? (Oo.) Ngayon, ikaw ay nasa isang bugso lang ng galit, kaya sinasabi mo na anuman ang mangyari sa iyong bansa ay wala kang pakialam. Kung masasabi mo pa rin ang ganitong mga bagay kapag dumating na ang panahong iyon, anong uri ng tayog ang dapat mong taglayin? May isang katunayan sa mundong ito na maaaring alam ng lahat, na kung wala kang suporta ng isang malakas na inang bayan, tiyak na ikaw ay didiskriminahan at aapihin sa mga banyagang bansa. Kapag dumating ang oras na talagang maranasan mo iyon, ano ang hihilingin mo una sa lahat? Sasabihin ng ilan na: “Maganda sana kung naging Hudyo o Hapon na lang ako. Walang mangangahas na aapihin ako. Lubos akong igagalang ng mga tao sa kahit anong bansang pupuntahan ko. Bakit ba ipinanganak ako sa Tsina? Walang kakayahan ang bansa at inaapi ang mga Intsik kahit saan sila magpunta.” Ano ang una ninyong iisipin kapag nangyari ang ganitong bagay? (May pananalig kami sa Diyos at nagpapasakop kami sa Kanyang mga pamamatnugot at pagsasaayos.) Tama iyan. Ngunit gaano karaming katotohanan ba ang dapat maunawaan ng isang tao, anong karanasan ba ang kailangang napagdaanan niya, at gaano karaming pagkaunawang batay sa karanasan ba ang dapat niyang taglayin para magawa niyang sabihin ang gayong bagay at gawin itong sarili niyang tayog? Kapag nangyari ang ganitong bagay, anong uri ng mga ideya, pagkaunawa at praktikal na karanasan ang dapat mayroon ka upang hindi maging mahina? At upang hindi makaramdam ng sama ng loob kahit pa may dumura sa iyo at tawagin kang miyembro ng isang nalupig na bansa? Anong uri ng tayog ang dapat mayroon ka upang hindi ka makaramdam ng sama ng loob at hindi dumanas ng mga pagpipigil na ito? May ganito ba kayong tayog ngayon? (Wala.) Wala pa kayo nito ngayon, pero maaari bang magkaroon kayo nito balang araw? Anong mga katotohanan ang dapat isangkap sa inyo? Anong mga katotohanan ang dapat ninyong maunawaan? Sa panahon ngayon, sa sandaling marinig ng ilang tao na ang kanilang mga kapamilya sa mainland ng Tsina ay naaresto dahil sa pananampalataya sa Diyos, ang nauunawaan nila sa kanilang

puso—na ang lahat ng bagay ay nasa mga kamay ng Diyos—ay nagiging doktrina sa kanila, at napipigilan sila ng katunayan na naaresto ang kanilang mga kapamilya, at nawawalan sila ng gana na gawin ang kanilang mga tungkulin. Kapag nabalitaan nila na namatay ang isang kamag-anak, baka mahimatay sila agad-agad. Ano ang mararamdaman ninyo kung ang lupaing iyon ay nawasak at lahat ng tao roon ay namatay? Gaano kahalaga sa kaibuturan ng puso ninyo ang mga tradisyonal na bagay—tulad ng bansa, tahanan, bayan, at inang bayan—pati na rin ang ilang tradisyonal na ideya at kultura na kaugnay ng mga salitang ito? Sa buhay mo, pinangingibabawan pa rin ba ng mga ito ang lahat ng iyong kilos, at lahat ng iyong kaisipan at pag-uugali? Kung okupado pa rin ang puso mo ng lahat ng tradisyonal na bagay na ito na may kaugnayan sa iyo, tulad ng bansa, lahi, nasyon, pamilya, bayan, lupain, at iba pa—ibig sabihin, ang mga bagay na ito ay mayroon pa ring partikular na bakas ng tradisyonal na kultura sa iyong puso—kung gayon, ang mga sermon na pinakikinggan mo at ang mga katotohanang nauunawaan mo ay pawang mga doktrina sa iyo. Kung napakaraming sermon na ang napakinggan mo, ngunit hindi mo pa rin mabitiwan kahit na ang pinakapangunahing mga bagay na kailangang bitiwang at layuan ng mga tao, at hindi mo magawang tratuhin nang tama ang mga ito, ano mismong mga problema ang nilulutas ng mga katotohanang iyon na nauunawaan mo?

Pagkatapos dumating sa Kanluran ang maraming Tsino, nais nilang ikintal sa mga taga-Kanluran ang kanilang tradisyonal na kultura at ang mga bagay na sa tingin nila ay tama at mabuti. Gayundin, hindi magpapatalo ang mga taga-Kanluran at naniniwala sila na ang kanilang mga tradisyonal na kultura ay napakatagal na rin. Halimbawa, ang sinaunang Roma, sinaunang Ehipto, at sinaunang Gresya ay lahat mayroong salitang “sinauna” sa mga ito, at mahigit sa tatlong libong taon na ang kanilang mga kultura. Kung titingnan ito batay sa numerong ito, mayroong partikular na pamanang kultural dito, at ang mga bagay na nilikha ng pamanang kultural na ito ay itinuturing ng sangkatauhan bilang ang pinakadiwa ng lahat ng buhay ng tao, at ang kabuuan ng pinakadiwa ng mga bagay na nagmula sa buhay, pag-iral, at sariling asal ng sangkatauhan. Ano ang tawag sa mga pinakadiwang bagay na ipinamana ng sangkatauhan? Tradisyonal na kultura. Sunod-sunod na henerasyon ng mga tao ang nagpasa ng tradisyonal na kulturang ito, at iniisip ng lahat sa kanilang puso na ito ang pinakamagandang bagay. Kaya man itong sundin ng mga tao o hindi, sa pangkalahatan, ang mga tao sa lahat ng lahi ay itinuturing ito bilang isang bagay na nakahihigit sa lahat at itinuturing ito bilang katotohanan. Samakatwid, ang bawat lahi ng tao ay may ilang tradisyonal na bagay na kayang manindigan kapag sinuri at may partikular na malalim na impluwensiya sa kanila, at ginagamit nila ang mga bagay na ito upang makipagtunggali at makipaghambingan sa isa’t isa, at sinusubukan pa nga nilang lamangan ang isa’t isa. Halimbawa, sinasabi ng mga Tsino: “Masarap ang aming alak na baijiu; talagang mataas ang alcohol nito!” Sinasabi ng mga taga-Kanluran: “Ano ba ang maganda sa alak ninyo? Napakataas ng alcohol kaya nalalasing kayo agad pagkatapos uminom, at dagdag pa rito, talagang masama ito sa atay. Ang red wine na

iniinom naming mga taga-Kanluran ay mababa lang ang alcohol, hindi ito gaanong nakakasama sa atay at nakakapagpaganda rin ito ng sirkulasyon ng dugo.” Sinasabi ng mga Tsino: “Ang baijiu namin ay nakakapagpaganda rin ng sirkulasyon ng dugo, at epektibong-epektibo ito. Kapag ininom mo ito, agad itong aakyat sa iyong ulo at magliliwanag ang iyong mukha. Hindi ganoon katapang ang red wine ninyo; hindi kayo nalalasing kahit gaano pa karami ang inumin ninyo. Alam mo, mayroon kaming kultura sa pag-inom ng alak, at kultura sa pag-inom ng tsaa.” Sinasabi ng mga taga-Kanluran: “Mayroon din kaming kultura sa pag-inom ng tsaa, kultura sa pag-inom ng kape, kultura sa pag-inom ng alak, at sa panahon ngayon, mayroon pa nga kaming kultura ng fast-food.” Sa kanilang paghahambing sa isa’t isa, walang nagpapatalo at walang tumatanggap ng kahit ano mula sa iba. Iniisip nilang lahat na ang sarili nilang mga bagay ang katotohanan, pero ang katunayan, wala sa mga ito ang katotohanan. Maliban sa mga walang pananampalataya, ang pinakamalungkot na bagay ay na wala man lang sa mga nananampalataya sa Diyos—at mas malala pa, iyong mga tumanggap sa yugtong ito ng gawain sa loob ng 20 o 30 taon—ang nakapagtatanto na hindi talaga katotohanan ang mga bagay na ito. May ilan na nagsasabing, “Ayos lang ba na sabihing may kaugnayan ito sa katotohanan?” Ni hindi nga ayos na sabihing may kaugnayan ito. Hindi ito ang katotohanan, wala itong anumang kaugnayan o koneksyon sa katotohanan, at hindi magkatulad at hindi magkapareho ang mga ito. Tulad ng tansong nananatiling tanso kahit gaano pa kahusay ang pagkakatatubog sa ginto o pagpapakintab dito, samantalang ang ginto na hindi pinakintab, makinang, o makislap ay nananatiling ginto—hindi magkapareho ang mga ito.

May ilan na nagtatanong: “Madali ba para sa mga taong nakatanggap ng medyo magandang tradisyonal na kultural na edukasyon at pagkokondisyon na tanggapin ang katotohanan?” Hindi, dalawang magkaibang usapin ang mga ito. Medyo naiiba lang ang kanilang pamumuhay, ngunit pare-pareho ang mga saloobin ng mga tao sa pagtanggap sa katotohanan, ang kanilang iba’t ibang kaisipan at pananaw, at ang lawak ng katiwalian ng buong lahi ng tao. Nang nagsimulang magsalita ang Diyos sa yugtong ito ng Kanyang gawain, iyong sa mga huling araw, nagsasalita Siya sa konteksto ng mga Tsino, at ipinapaabot Niya ang Kanyang mga salita sa kanila. Lumipas ang tatlong taon, at nang ipinapakalat ang mga salitang ito sa iba’t ibang lahi sa ibang parte ng Asya, at sa mga lugar tulad ng Europa at Amerika, at iba pa, pagkatapos basahin ng mga tao ang mga salitang ito, kung ang mga tao man ay itim, puti, kayumanggi o dilaw, sinasabi nilang lahat na, “Ang mga salitang ito ay tungkol sa atin.” Inilalantad ng mga salita ng Diyos ang mga tiwaling disposisyon ng lahat ng tao. Kaunting mga tao ang nagsasabi na, “Lahat ng mga salitang ito ay ipinapaabot sa inyong mga Tsino. Sinasabi ng mga ito ang tungkol sa mga tiwaling disposisyon ninyong mga Tsino, na wala sa amin.” Napakaliit na bilang lang ng mga tao, iyong mga walang espirituwal na pang-unawa, ang magsasabi ng gayong mga bagay. Noon, may ganito ring maling pagkaunawa ang mga taga-Timog Korea. Naniniwala sila na ang mga taga-Timog Korea ay namumuhay sa

ilalim ng isang demokratiko at malayang sistemang panlipunan at naimpluwensiyahan ng kulturang Kristiyano, pati na ng libo-libong taon ng kulturang Koreano, kaya't mas respetado at mas marangal ang kanilang lahi kaysa sa mga Tsino. Bakit nila naisip iyon? Dahil pagkatapos makarating sa Timog Korea ang maraming Tsino, ginawa nilang marumi at mas maingay ang mga lugar na pinuntahan nila, tumaas ang bilang ng pagnanakaw at krimen, at nagsanhi ito ng ilang masamang epekto sa klimang panlipunan. Samakatwid, naniniwala ang mga kapatid sa Timog Korea na “ang mga Tsino ay mga anak ng malaking pulang dragon at mga inapo ni Moab. Kaming mga taga-Timog Korea ay hindi nagawang tiwali ng malaking pulang dragon.” Ano ang ipinapahiwatig nila sa pagsasabi nito? Ito ay na “hindi kami nagawang tiwali ng malaking pulang dragon, kaya hindi kami kasingtiwali ng mga Tsino. Ang mga Tsino ay mas tiwali kaysa sa amin. Mas mabuti kami kaysa sa mga Tsino.” Ano ang ibig nilang sabihin sa “mas mabuti”? (May mas mabuting pag-uugali.) Sa isang banda, ito ay tungkol sa pag-uugali. Sa kabilang banda, naniniwala sila mula sa kaibuturan ng kanilang puso na ang tradisyonal na kultura na nilikha at tinanggap ng bansang Timog Korea mula pa sa simula ng kasaysayan ay marangal, higit pa sa kultura at mga tradisyon ng bansang Tsina, at ang mga tao at lahing kinondisyon ng ganitong uri ng tradisyonal na kultura ay mas marangal kaysa sa mga kinondisyon ng tradisyonal na kultura ng Tsina. Samakatwid, nang basahin nila ang mga salita ng Diyos at nakita nilang sinasabi ng Diyos na, “Kayong mga walang kuwenta,” inisip nila na ang tinutukoy ng Diyos ay ang mga Tsino. Sinabi ng mga kapatid na Tsino: “Ang ‘kayo’ na binabanggit ng Diyos ay tumutukoy sa sangkatauhan.” Sinabi naman ng mga taga-Timog Korea, “Hindi iyan tama, ‘kayo’ ang tinutukoy ng Diyos, hindi kami. Hindi kasali ang mga taga-Timog Korea sa ipinahihiwatig ng Diyos.” Ganoon ang inisip nila. Ibig sabihin, kahit saanmang aspekto nila tiningnan ang mga bagay-bagay, ang kanilang mga pananaw at perspektiba ay hindi nagmula sa perspektiba ng katotohanan, at lalong hindi sa isang obhetibo at patas na perspektiba. Sa halip, tiningnan nila ang mga bagay-bagay mula sa konteksto ng isang lahi at isang tradisyonal na kultura. Kaya, kahit paanuman nila tingnan ang mga bagay-bagay, ang mga kasunod na resulta ay salungat sa katotohanan. Dahil kahit paanuman nila tingnan ang mga bagay-bagay, ang kanilang panimulang punto ay palaging, “Lahat ng tungkol sa aming dakilang bansang Timog Korea ay tama, lahat ng tungkol dito ay ang pamantayan, at ang lahat ng tungkol dito ay tama.” Tiningnan at sinukat nila ang lahat mula sa maling perspektiba at panimulang punto; kung gayon, tama ba ang mga resultang nakita nila o mali? (Mali.) Tiyak na mali ang mga ito. Kung gayon, ano ang dapat na pamantayan sa pagsukat sa lahat ng bagay? (Ang katotohanan.) Ang katotohanan dapat—ito ang pamantayan. Ang kanilang pamantayan mismo ay mali. Sinukat nila ang lahat ng bagay at lahat ng pangyayari mula sa maling perspektiba at pananaw, kaya ang mga sinukat na resulta ay tiyak na mali, hindi patas, hindi tama, at lalo namang hindi obhetibo. Samakatwid, mahirap para sa kanila na tanggapin ang ilang banyagang bagay, at bukod pa rito, ang kanilang pag-iisip ay labis-labis, sarado, makitid, at madaling uminit ang kanilang ulo. Saan nagmula ang

kanilang pagkamainitin ng ulo? Ito ay kahit na anong sabihin nila, kailangan nilang banggitin ang “aming dakilang bansang Timog Korea,” at iginiiit nilang idagdag ang salitang “dakila.” Ano ang ibig sabihin ng “dakila”? Hindi ba’t ang salitang “dakila” ay kumakatawan sa kayabangan? Kung maglalakbay ka sa buong mundo o titingin sa isang atlas, gaano kalaki ang Timog Korea? Kung talagang mas malaki ito kaysa sa ibang mga bansa at talagang maaari itong tawaging dakila, kung gayon, sige, tawagin itong “dakila.” Subalit kung ikukumpara sa ibang mga bansa sa mundo, hindi kalakihan ang Timog Korea, kung gayon bakit nila iginigiit na tawagin itong “dakila”? Dagdag pa rito, malaki man o maliit ang isang bansa, ang mga panuntunan at tradisyonal na kulturang idinudulot nito ay hindi nagmumula sa Diyos, at tiyak na hindi nagmumula sa katotohanan. Ito ay dahil bago pa man tanggapin ng isang tao ang katotohanan at ang pagliligtas ng Diyos, lahat ng ideya na kanyang tinatanggap ay nagmumula kay Satanas. Ano ang ginagawa sa mga tao ng lahat ng ideya, pananaw, at tradisyonal na kulturang binuo ni Satanas? Ang ginagawa ng mga ito ay ang ilihis, gawing tiwali, igapos, at higgitan ang mga tao, na nagreresulta sa pagkakaroon ng tiwaling sangkatauhan ng makitid at labis-labis na pag-iisip, at mga pananaw sa mga bagay na may pinapanigan at may kinikilingan, maging hanggang sa punto ng pagiging walang-katuturan at kakatwa—ito ang mga kahihinatnan ng pagtitiwali ni Satanas sa sangkatauhan. Kaya, kapag naririnig ng mga tao sa maraming bansa at maging ng ilang lahi ang mga salitang “Nagkatawang-tao ang Diyos sa Tsina,” ano ang kanilang unang reaksiyon? Isang salita—imposible! Saan nila iniisip na maaaring naganap iyon? (Israel.) Tama, Israel. Gustong-gusto ng mga tao na sumunod sa mga regulasyon at kumapit sa mga kuru-kuro. Iniisip nila na ang Israel ang lugar kung saan gumawa ng gawain ang Diyos, at kaya dapat magpakita ang Diyos sa Israel, o sa isang makapangyarihang imperyo na kanilang pinagpipitagan, o iniisip nila na dapat magpakita ang Diyos sa isang bansa na minsang naging isang sinaunang kabihasnan sa kanilang mga kuru-kuro at imahinasyon. Ang Tsina ay tiyak na hindi ganoong bansa, kaya mahirap para sa kanila na tanggapin ang patotoo na ang Diyos ay nagkatawang-tao sa Tsina, at ito lang ay sapat na para mawala sa kanila ang pagkakataong ito na maligtas. Sino ang nagsanhi nito? (Sila mismo.) Dahil nagkikimkim sila ng ganoong kuru-kuro, at sila ay naging mapaghimagsik, at hindi man lang nila hinahanap ang katotohanan para malutas ang problema, nakagawa sila ng kakila-kilabot na pinsala sa kanilang sarili at sinira nila itong kaisa-isa at natatanging pagkakataon na makamit ang kaligtasan.

Marami sa mga imahinasyon at kuru-kuro na mayroon ang mga tao kapag hindi nila nauunawaan ang katotohanan, at maging ang ilang bagay na sinasamba ng mga tao, ang sobrang kakatwa at walang katuturan. Isang babaeng taga-Timog Korea, na nasa Estados Unidos at gusto ang bansang iyon, ang nakipag-ugnayan sa mga Amerikano at tinanong siya ng isa sa mga ito: “Malapit na ang Spring Festival. Ano ang kinakain ng mga Tsino kapag Spring Festival?” Sagot ng babae: “Hindi ako Tsino, taga-Timog Korea ako.” Sumagot ang Amerikano, “Kung gayon, hindi ba’t nagdiriwang din ng Spring

Festival ang mga taga-Timog Korea?” Sumagot ang babae, “Kaming mga taga-Timog Korea ay hindi nagdiriwang ng Spring Festival.” Ang sabi ng Amerikano: “Akala ko kasi nagdiriwang din ng Spring Festival ang mga taga-Timog Korea gaya ng mga Tsino.” Sumagot siya sa napakabiglaang tono: “Hindi kami pareho ng mga Tsino! Tama bang isipin mo na nagdiriwang kami ng Spring Festival? Malubha nitong iniinsulto ang dignidad naming mga taga-Timog Korea!” Talaga bang hindi nagdiriwang ng Spring Festival ang mga taga-Timog Korea? (Nagdiriwang sila.) Sa katunayan, nagdiriwang din ng Spring Festival ang mga taga-Timog Korea. Kung gayon, bakit niya sinabi na hindi ito ipinagdiriwang ng mga taga-Timog Korea? Talakayin natin ang usaping ito. Tama bang ipagdiwang ang Spring Festival o hindi? Maaari ba ninyong ipaliwanag nang malinaw ang bagay na ito? Para sa mga dayuhan, ang pagdiriwang ng Spring Festival ay hindi isang kahiya-hiyang bagay mismo. Ito ay isang espesyal na ritwal na gumugunita sa isang mahalagang araw sa buhay ng mga tao. Para sa mga tao na namumuhay sa mundong ito ng tradisyonal na kultura, ang pagdiriwang ng Spring Festival ay hindi isang mali o kahiya-hiyang bagay, kung gayon, bakit hindi naglalakas-loob ang babae na amining nagdiriwang siya ng Spring Festival? Dahil kapag inamin niyang nagdiriwang siya ng Spring Festival, hindi na siya maituturing na kanluranin, at mababansagan siya bilang isang napakatradisyonal na taga-Silangang Asya, at ayaw niyang isipin ng mga tao na siya ay isang tradisyonal na babaeng taga-Silangang Asya. Gusto niyang isipin ng mga tao na wala siyang mga tradisyon ng Silangang Asya, at na hindi niya nauunawaan ang mga tradisyon ng Silangang Asya, o na wala man lang siyang nalalaman tungkol sa mga ito. Gusto rin niyang malaman ng iba na magaling siyang magsalita ng Ingles, nagkukulay ng blonde sa kanyang buhok, nagsusuot ng asul na contact lenses, nananamit na gaya ng isang taga-Kanluran, at kasingtapang at di-napipigilan, malaya, nakakapagsarili, at may kasingtalas na kabatiran tulad ng mga taga-Kanlurang babae—ganoon ang gusto niyang pagturing sa kanya ng mga tao. Samakatwid, sa ilalim ng impluwensiya ng ganitong pag-iisip, tuwing may nangyayari sa kanya, umaayon ang kanyang pagkilos sa ganitong pag-iisip. Sa tuwing may nagtatanong sa kanya kung nagdiriwang ba ng Spring Festival ang mga taga-Timog Korea, sinasabi niya na, “Kaming mga taga-Timog Korea ay hindi nagdiriwang ng Spring Festival.” Kung sasabihin ng malalapit sa kanya na, “Malinaw naman na nagdiriwang tayo ng Spring Festival, bakit mo sinasabing hindi tayo nagdiriwang nito?” ano ang kanyang isasagot? “Hangal ka. Kung sasabihin ko na nagdiriwang tayo ng Spring Festival, hindi ba’t malalaman nila na isa akong tradisyonal na taga-Timog Korea?” Gusto niyang isipin ng mga tao na ipinanganak at pinalaki siya sa Estados Unidos. Kung tatanungin mo siya, “Dito ka ipinanganak, pero ilang henerasyon nang naririto ang pamilya mo?” sasabihin niya: “Dito lumaki ang mga ninuno namin.” Iniisip niya na ito ay simbolo ng pagkakakilanlan at katayuan, kaya umaabot siya sa puntong nagsisinungaling siya, at hindi siya natatakot na mabunyag ng iba. Anong klase ng pag-iisip ito? Karapat-dapat bang magsinungaling tungkol sa bagay na ito? Sulit bang sumuong sa panganib para dito? Hindi, hindi sulit. Kahit ang gayong kaliit na

bagay ay maaaring maglantad sa mga kaisipan at pananaw ng isang tao. Anong uri ng mga kaisipan at pananaw ang nalalantad? Ang ilang Tsino na babae ay talagang maganda, pero iginigiit nilang kulayan ng blonde ang kanilang buhok, kulutin ito, magsuot ng iba't ibang kulay ng contact lenses na nagpapabago sa kulay ng kanilang mata, at pagmukhain ang kanilang sarili bilang mga dayuhan—talagang nakakaasiwa itong tingnan. Bakit nila iginigiit na maging ganoong uri ng tao? Nagbago ba ang kanilang lahi pagkatapos nilang magbihis nang ganoon? Kahit na magbago ang kanilang lahi, at sa kanilang susunod na buhay ay muli silang isilang bilang puti, o isang tao na may lahing hinahangaan nila—ano naman kung gayon? Nakikilatis ba ninyo ang usaping ito? Kung iginigiit ng isang tao na umasal sa isang partikular na estilo at likas na ugali, at pinalalabas ang kanyang sarili bilang isang miyembro ng bansa o lahi na kanyang pinagpipitagan, bakit ganito? Mayroon bang kaisipan sa likod nito na kumokontrol dito? Ano ang kaisipang kumokontrol dito? Katulad ito ng babaeng taga-Timog Korea; kapag tinatanong siya ng mga Amerikano kung marunong siyang maglaro ng table tennis, sinasabi niya na, “Ano iyang table tennis? Mga Tsino lang ang naglalaro niyan. Naglalaro kami ng tennis at golf.” Anong klaseng tao ang may kakayahang umasal at magsalita nang ganito? Hindi ba’t medyo huwad ito? Lahat ng ginagawa niya ay huwad, at nagiging masyadong nakakapagod ang buhay niya dahil dito! Aasal ba kayo nang ganito? May ilang Tsino na naninirahan sa Kanluran sa loob ng mga dekada ang hindi na marunong magsalita ng Tsino pagbalik nila sa kanilang mga bayan. Masama ba ito? (Oo.) Sinasabi ng ilan: “Hindi natin dapat kalimutan ang ating pinanggalingan. Sinasabi rin ng Diyos na hindi dapat kalimutan ng mga tao ang kanilang pinanggalingan. Ang Diyos ang pinanggalingan ng mga tao. Ang mga tao ay nilikha ng Diyos, at ang lahat tungkol sa mga tao ay nagmumula sa Diyos, kaya bilang mga nilikha, dapat sambahin ng mga tao ang Diyos—ito ang ibig sabihin ng hindi pagkalimot sa pinanggalingan ng isang tao.” Hindi ba’t totoo ito? May katotohanan na dapat hanapin sa bawat sitwasyon, pero hindi hinahanap ng mga tao ang katotohanan, at lubos silang sumusunod sa tradisyonal na kultura. Bakit ganoon? May mga nagsasabi: “Hindi namin kailanman nakakalimutan ang aming pinanggalingan. Kahit saan kami magpunta, inaamin namin na kami ay Tsino, at inaamin namin na mahirap at paurong ang aming bansa. Hinding-hindi namin kailanman makakalimutan ang aming pinanggalingan.” Tama ba ito? Ang lahat ng problemang ito, sa isang aspekto, ay dulot ng napakalalim na impluwensiya at edukasyon nitong mga diumano’y tradisyonal na kultura sa sangkatauhan. Ang isa pang aspekto ay na kahit nakapakinig ang mga tao ng mga sermon sa loob ng napakaraming taon, hindi nila maingat na pinagninilay-nilayan at hinahanap kung ano ang katotohanan. Sa halip, madalas nilang ginagamit ang tradisyonal na kultura at mga bulok na bagay na mayroon na sila, na kanila nang natutunan at sa gayon ay matibay nang nakabaon, at ipinagpapanggap nilang mga katotohanan ang mga ito. Ito ang pangalawang aspekto. Pangatlo, pagkatapos makinig sa mga sermon, hindi hinahanap ng mga tao ang katotohanan sa mga salita ng Diyos. Sa halip, gumagamit sila ng mga tradisyonal na perspektiba at ng kaalaman at mga

natutunan sa mga kuru-kuro ng tao na dati na nilang alam para sukatin ang mga salita ng Diyos. Kaya hanggang ngayon, bagama't nakapakinig na ang mga tao sa maraming sermon, ang diumano'y mga prinsipyo ng pag-uugali at mga prinsipyo ng paggawa sa tungkulin ng isang tao at paglilingkod sa Diyos na ipinapasa ng mga tao sa pamamagitan ng pagsasalita ay kadalasang nakabatay rin sa ilang kaalaman, salawikain, at karaniwang kasabihan na itinuturing nilang tama. Halimbawa, kung may ginawang mali ang ilang tao at pinungusan sila ng mga lider ng iglesia o ng mga kapatid, iisipin nila: "Humph, katulad lang ito ng mga kasabihang, 'Wala nang silbi ang pagpupugot ng mga ulo' at 'Huwag pagbuhatan ng kamay ang isang nakangiting mukha.' Matiyaga kong tinanggap itong maliit na pagkukulang ko nang may ngiti—bakit patuloy mo akong inilalantad dahil dito?" Sa panlabas, masunurin silang nakikinig at nagpapasakop, pero ang totoo, sa kaibuturan ng kanilang puso ay gumagamit sila ng mga tradisyonal na kuru-kuro para makipagtalo at lumaban. Ano ang dahilan ng kanilang paglaban? Ito ay dahil inaakala nila na ang mga kasabihang "Wala nang silbi ang pagpupugot ng mga ulo" at "Huwag pagbuhatan ng kamay ang isang nakangiting mukha" ay mga balidong katotohanan at tama, at na mali para sa sinuman na patuloy na pungusan at ilantad sila nang walang kahit katiting na bahid ng damdamin, at iyon ay hindi ang katotohanan.

Nagkamit na ba kayo ng mas malalim na pagkaunawa sa katotohanan mula sa nilalaman na pinagbahaginan natin ngayon lang? (Oo.) Maaaring sinasabi ng ilan na: "Ngayon na sinabi Mo sa amin ito, hindi namin alam kung ano ang mga prinsipyong dapat naming sundin sa pagsasagawa. Kung wala ang mga tradisyonal na kultura at mga kuru-kuro at kaalaman na ito, paano kami dapat mamuhay? Paano kami dapat kumilos? Kung wala ang mga bagay na ito para pamahalaan kami, paano namin maibubuka ang aming mga bibig at maipapangaral ang mga salita ng Diyos? Kung wala ang mga bagay na ito, hindi ba't mawawala ang batayan namin para ipangaral ang mga salita ng Diyos? Kung gayon, ano pa ang matitira sa amin?" Puwes, ang sinasabi Ko sa kanila ay na, kung talagang wala ka ng mga bagay na ito, mas magiging madaling hanapin ang katotohanan, at mas magiging madaling tanggapin ang katotohanan at bumalik sa Diyos. Dati, kapag binuksan mo ang iyong bibig, lahat ng lumalabas ay mga satanikong pilosopiya at kultural na kaalaman tulad ng "Ang matalinong tao ay nagpapasakop sa mga sitwasyon," "Huwag pagbuhatan ng kamay ang isang nakangiting mukha," "Wala nang silbi ang pagpupugot ng mga ulo," at iba pa. Ngayon, nag-iisip at nagninilay-nilay ka na, "Hindi ko puwedeng sabihin iyan, mali lahat ang mga kasabihang ito, itinakwil at kinondena na ang mga ito, kaya ano pa ang dapat kong sabihin? Magpatuloy sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos nang may kababaang-loob at nang maayos, at hanapin ang batayan mula sa mga salita ng Diyos." Ginagawa ng mga tao ang kanilang tungkulin at sumusunod sila sa Diyos, ngunit sa tuwing ibinubuka nila ang kanilang mga bibig, ang lahat ng lumalabas ay itong mga salawikain, kasabihan, at ilang bagay at pananaw na nakukuha nila mula sa tradisyonal na kultura. Walang sinuman, sa tuwing may nangyayari sa kanila, ang lubos

na nakapagdadakila o nakakapagpatotoo sa Diyos, at magsasabi na, “Sinasabi ito ng Diyos” o “Sinasabi iyan ng Diyos.” Walang sinuman ang nagsasalita nang ganoon, walang sinuman ang nagbubuka ng kanilang bibig at tuloy-tuloy na nakakapagbigkas ng mga salita ng Diyos. Hindi mo kayang tuloy-tuloy na bigkasin ang mga salita ng Diyos, ngunit kaya mong tuloy-tuloy na bigkasin ang mga karaniwang kasabihang iyon, kung gayon, ano ba talaga mismo ang nilalaman ng puso mo? Ang lahat ng bagay na iyon na nagmumula kay Satanas. Ang ilang tao, kapag sinusuri ng lider ng kanilang pangkat ang kanilang gawain, ay nagsasabing: “Ano ang sinusuri mo? Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo. Kung palagi mo akong pinagdududahan, bakit mo ako ginagamit? Humanap ka na lang ng iba na gagawa nito.” Iniisip nila na ito ang tamang paraan ng pagkilos, at hindi nila pinapayagan ang iba na mangasiwa at pumuna sa kanila. Mayroon ding mga tao na labis na nagdusa sa paggawa ng kanilang mga tungkulin, ngunit dahil hindi nila hinanap ang mga prinsipyo at nagdulot sila ng pagkagambala at kaguluhan sa gawain ng iglesia, sila ay tinanggal sa huli, at pinungusan din. Pagkatapos makinig sa ilang mapagkondenang komento, nagiging masuwayin sila at iniisip nila na, “May kasabihan na, ‘Kahit na wala akong anumang tagumpay, nagtiis ako ng paghihirap; kung hindi paghihirap, pagkahapo.’ Nagawa ko lang ang maliit na pagkakamaling ito, may problema ba roon?” Dahil una nilang natutunan ang karaniwang kasabihang ito at kaya matatag itong nakaugat sa kanila, namamahala at nag-iimpluwensiya sa kanilang pag-iisip, inuudyukan silang gamitin ang kasabihang ito—sa ganitong kapaligiran at pagkatapos mangyari ang sitwasyong ito—bilang batayan sa paglaban at hindi pagpapasakop sa pakikitungo sa kanila ng sambahayan ng Diyos. Sa gayong sitwasyon, kaya pa ba nilang magpasakop? Madali pa rin ba para sa kanila na tanggapin ang katotohanan? Kahit na sa panlabas ay nagpapasakop sila, ito ay dahil wala silang ibang pagpipilian at ito na lang ang huling paraan. Kahit na sa panlabas ay hindi sila nakikipaglaban, mayroon pa ring paglaban sa puso nila. Ito ba ay tunay na pagpapasakop? (Hindi.) Ito ay wala sa loob na paggawa, hindi ito tunay na pagpapasakop. Walang pagpapasakop dito, tanging pagbibigay-katwiran, pagiging negatibo, at pagkontra. Paano lumitaw ang pagbibigay-katwiran, pagiging negatibo, at pagkontra na ito? Ang mga ito ay nagmula sa kasabihang “Kahit na wala akong anumang tagumpay, nagtiis ako ng paghihirap; kung hindi paghihirap, pagkahapo.” Anong uri ng disposisyon ang pinukaw ng kasabihang ito sa mga taong ito? Pagsuway, pagkamatigas ng kalooban, pagkontra, at pagbibigay-katwiran. Nagkamit na ba kayo ng karagdagang pagkaunawa sa katotohanan mula sa pagbabahaginang ito? Kapag nahimay at nakilatis na ninyo ang mga negatibong bagay na ito nang malinaw at naalis na ito mula sa puso ninyo, magagawa na ninyong hanapin at isagawa ang katotohanan sa tuwing may mangyayari sa inyo, dahil tinalikuran na ang mga lumang bagay, at hindi ka na mahihimok na umasa sa mga ito sa paggawa ng iyong mga tungkulin, sa paglilingkod sa Diyos, at sa pagsunod sa Diyos. Ang mga bagay na iyon ay hindi na ang mga prinsipyo ng iyong sariling asal,

hindi na ang mga ito ang mga prinsipyo na dapat mong sundin sa paggawa ng iyong mga tungkulin, at ang mga iyon ay pinunas at kinondena na. Kung kukunin at gagamitin mong muli ang mga ito, ano ang mangyayari sa kaibuturan ng puso mo? Magiging ganoon ka pa rin ba kasaya? Makatitiyak ka pa rin ba na nasa tama ka? Malinaw namang malabo iyon. Kung talagang aalisin ang mga bagay na ito sa loob mo, kung gayon ay dapat mong hanapin sa mga salita ng Diyos kung ano mismo ang mga tunay na prinsipyo at ano mismo ang mga hinihingi ng Diyos. Madalas sabihin ng ilang tao na, “Gawin kung ano ang utos ng iyong amo, kung hindi ay wala kang makakamit na kahit ano mula sa kahit na pinakamasigasig na pagsisikap.” Tama ba o mali ang kasabihang ito? Tiyak na mali ito. Paanong mali ito? Sino ang tinutukoy na “amo” sa pariralang “gawin kung ano ang utos ng iyong amo”? Ang iyong tagapag-empleyo, ang iyong boss, ang iyong nakatataas. Ang salitang “amo” mismo ay mali. Ang Diyos ay hindi ang iyong tagapag-empleyo, hindi ang iyong boss, at hindi ang iyong manager. Ang Diyos ay ang Diyos mo. Ang mga manager, boss, at nakatataas ay lahat parehong uri at nasa parehong antas ng mga tao. Sa diwa, sila ay magkatulad; mga tiwaling tao silang lahat. Nakikinig ka sa kanila, tumatanggap ng sahod mula sa kanila, at ginagawa mo ang anumang iniuutos nila sa iyo. Binabayaran ka nila para sa anumang dami ng gawain na ginagawa mo, at wala nang iba pa. Ano ang ibig sabihin ng “makakamit” sa pariralang “kung hindi ay wala kang makakamit na kahit ano mula sa kahit na pinakamasigasig na pagsisikap”? (Kredito.) Kredito at kabayaran. Ang pang-udyok ng iyong mga kilos ay ang mabayaran. Hindi ito nangangailangan ng katapatan o pagsunod, at hindi rin ito nangangailangan ng paghahanap sa katotohanan at ng pagsamba—walang ganito, ito ay transaksyon lamang. Ito ay tiyak na isang bagay na pinupuna at kinokondena habang nananampalataya ka sa Diyos, paggawa ng iyong tungkulin, at paghahangad sa katotohanan. Kung itinuturing mo bilang isang katotohanan ang kasabihang “Gawin kung ano ang utos ng iyong amo, kung hindi ay wala kang makakamit na kahit ano mula sa kahit na pinakamasigasig na pagsisikap,” kung gayon, ito ay isang malubhang pagkakamali. Kapag sinusubukan mong ipaunawa sa ilang tao ang katotohanan, magiging mabagal at matamlay ang kanilang reaksiyon, at kahit gaano man sila karami kumain at uminom ng mga salita ng Diyos, hindi nila mauunawaan ang kahit isa o dalawang katotohanan, hindi rin nila maaalala ang kahit isa o dalawang parirala ng mga salita ng Diyos. Ngunit pagdating sa mga sikat na sikat na salita, salawikain, at mga karaniwang kasabihan na madalas na ipinapakalat sa populasyon, at itong mga bagay na madalas na sinasabi ng mga ordinaryong tao, tinatanggap nila ito nang sobrang bilis. Kahit gaano pa kahangal ang isang tao, kahit siya ay tinatanggap nang sobrang bilis ang mga bagay na ito. Paano nangyari ito? Anuman ang iyong lahi o kulay, sa huling pagsusuri, kayong lahat ay mga tao at iisang uri lang kayong lahat. Tanging ang Diyos ang naiibang uri sa mga tao. Ang mga tao ay magpakailanman na iisang uri kagaya ng ibang mga tao. Kaya, sa tuwing may gagawin ang Diyos, hindi madali para sa buong sangkatauhan na tanggapin ito, samantalang, sa tuwing may ginagawa ang sinuman

sa sangkatauhan, kahit sino pa man o gaano man kababa ang taong gumagawa nito, kung tumutugma ito sa mga kuru-kuro ng lahat, mabilis itong tatanggapin ng lahat, dahil ang mga ideya, pananaw, paraan ng pag-iisip, at antas at landas ng pang-unawa ng mga tao, ay pare-pareho lang sa pangkalahatan, nagkakaiba lamang sa maliliit na antas. Kaya, sa sandaling may nagsabi ng isang bagay na may katangian ng kuru-kuro at hindi tugma sa katotohanan, mabilis itong tatanggapin ng ilang tao, at ganoon lang talaga iyon.

Medyo naunawaan mo na ba kung ano ang katotohanan, at kung ano ang mga bagay na hindi katotohanan ngunit nagkukunwari na ito ang katotohanan? Ano pang mga gayong bagay ang nasa isipan ninyo? Hindi pa ninyo masasabi ang mga ito sa ngayon, nang hindi kusang pinag-iisipan, dahil hindi maituturing na kaalaman ang mga ito, hindi katulad ng isang bagay sa libro ang mga ito na puwede ninyong buklatin sa pamamagitan ng paglipat-lipat sa mga pahina. Sa halip, ito ay mga bagay na hindi ninyo mapigilang sabihin nang malakas sa tuwing may nangyayari, sa napakanatural na paraan na hindi ninyo makontrol. Pinatutunayan nito na ang mga bagay na iyon ay naging buhay ninyo at nagkaugat na nang malalim sa inyong mga buto. Hindi ninyo maaalala ang mga iyon kapag hiniling sa inyo na alalahanin ang mga iyon, pero hindi rin ninyo mapigilang sabihin ang mga iyon kapag hiniling sa inyo na huwag sabihin ang mga iyon. Sa tuwing may nangyayari, lumalabas ang mga baluktot na pananaw na iyon—ito ay isang katunayan. Maglaan kayo ng oras upang maranasan. Simula ngayon, kailangan ninyong bigyang-pansin ang mga bagay na iyon na madalas sabihin ng mga tao at na iniisip nilang tama. Nabanggit na natin dati ang ilan sa mga lason ng malaking pulang dragon at mga pilosopiya ni Satanas para sa mga makamundong pakikitungo. Maaaring madaling makilatis ang mga bagay na iyon mula sa perspektiba ng literal na kahulugan ng mga iyon, ibig sabihin, madaling matatanto ng mga tao na tiyak na hindi katotohanan ang mga iyon, at malinaw nilang masasabi na ang mga iyon ay ang lason ng malaking pulang dragon, at na mayroong mga tusong pakana sa likod ng mga iyon. Madaling makilatis ang mga bagay na iyon, at sa palagay Ko ay medyo kaya ninyong matukoy ang mga iyon kapag ipinahimay-himay sa inyo. Naiwaksi na ninyo ang mga bagay na iyon na malinaw na mala-satanas, pero marami pa ring kasabihan sa puso ninyo tulad ng “Pagtitiis sa kahihiyan at pagdadala ng mabigat na pasanin,” at “Pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo,” at “Huwag pagbuhatan ng kamay ang isang nakangiting mukha,” at “Ang makatarungang layunin ay nakakakuha ng maraming suporta samantalang ang hindi makatarungan ay nakakakuha lamang ng kakaunti,” at “Ang isang maginoo ay hindi tumatanggap ng mapang-insultong limos.” Sa kaibuturan ng inyong puso, maaaring nilalagyan pa rin ninyo ng tsek ang mga kasabihang ito at iniisip na, “Ang mga ito ay mahalaga. Ang lahat ng disentang bagay tungkol sa kung paano ako dapat umasal sa buhay na ito ay lahat nasa mga kasabihang ito,” at ang mga bagay na ito ay hindi pa natuklasan. Kapag lubusan nang natuklasan ang mga ito at nagkaroon ka na ng pagkilatis sa mga ito, sa hinaharap, kapag lumabas ang mga

tradisyonal na kultural na bagay na ito, ito man ay isang natural na reaksiyon o isang pagsasalamin ng mga obhetibong kondisyon, agad mong mapagtatanto na ang mga bagay na ito ay mali at tiyak na hindi ang katotohanan. Sa panahong iyon, ang iyong antas ng katalusan at pagkilala sa katotohanan ay magiging mas mataas kaysa sa ngayon. Ano ang ibig Kong sabihin sa “mas mataas kaysa sa ngayon”? Ang ibig Kong sabihin ay maaabot mo ang isang partikular na tayog, mas gagaling ang iyong abilidad na kumilatis, ang iyong karanasan at pag-unawa sa katotohanan ay magiging mas malalim kaysa sa ngayon, at mararamdaman mo kung ano talaga ang katotohanan. Ngayon, maaaring iniisip mo na, “Ang lahat ng tradisyonal na kultura na nagmumula kay Satanas at na nabuo mula sa kultural na pinanggalingan ng lahat ng etnikong grupo sa mundong ito ay mali.” Ito ay isang pangkalahatang paraan ng pagsasabi tungkol dito, ngunit maaaring hindi mo pa alam kung alin sa mga ito ang mali at kung paano naging mali ang mga ito. Kaya, kailangan mong himay-himayin at unawain ang bawat isa nang sunod-sunod, at pagkatapos ay umabot sa punto kung saan magagawang bitiwang ito, kondenahin, ganap na ihiwalay ang iyong sarili mula rito, at mamuhay nang hindi ayon dito kundi ayon sa mga salita ng Diyos. Sa ngayon, maaaring alam mo lang ayon sa iyong sariling kalooban na ang mga salawikaing iyon, mga karaniwang kasabihan, mga sikat na kawikaan, at mga salitang iyon na madalas na nababanggit ay walang anumang kaugnayan sa mga salita ng Diyos at hindi ang katotohanan, ngunit sa tuwing may nangyayari, hindi namamalayang ginagamit mo pa rin ang mga salitang ito bilang batayan sa pagkondena sa iba, pagpigil sa iyong sarili at paggabay sa iyong pag-uugali. Nililimitahan at minamanipula ng mga ito ang iyong mga kaisipan at pananaw, na maaaring magdulot ng problema, at makakaapekto sa iyong pagpasok sa katotohanan. Bagaman, isang araw, maaari pa ring lumitaw sa puso mo ang mga bagay na ito na mula kay Satanas, kung magagawa mong kilatisin ang mga ito, mamuhay nang hindi umaasa sa mga ito, at magsagawa ayon sa mga katotohanang prinsipyo, talagang magkakaroon ka ng tayog. Mayroon ka ba ng tayog na ito ngayon? Wala pa. Kung may isang kasabihan na kinikilala ninyong lahat bilang tama, at kung may mga parehong pahayag na marahil ay matatagpuan sa mga salita ng Diyos—bagama’t hindi ganap na ipinapahayag ang mga ito sa parehong paraan—maaaring mali mong paniniwalaan na ang kasabihang ito ay ang katotohanan din, at na ito ay kapareho ng mga salita ng Diyos. Kung hindi mo pa rin malinaw na nakikita ang mga bagay na ito, at kung kumakapit ka pa rin sa mga salita ng tao at hindi ka handang bitiwang ang mga ito, kung gayon, maaapektuhan ng kasabihang ito ang iyong pagpasok sa katotohanan, dahil hindi ito mga salita ng Diyos at hindi nito kayang palitan ang katotohanan.

Sa panahon ngayon, patuloy Akong nagbabahagi tungkol sa kung ano ang katotohanan. Ibig sabihin, seryoso Ako sa inyo. Upang maunawaan ninyo ang katotohanan, kinakailangan nating suriin ang iba’t ibang ideya at pananaw ng mga tao, ang kanilang mabubuting gawa at mabubuting layunin, at ilang tamang kasabihan at kaugaliang may sentido kumon na sinasandalan ng mga tao para mabuhay, pati na ang ilang ideya at

pananaw mula sa tradisyonal na kultura, at himayin at kilatisin ang lahat ng ito upang makita kung talagang naaayon ang mga ito sa katotohanan, at kung talagang may kinalaman ang mga ito sa katotohanan. Kung naniniwala ka na ang mga ito ang katotohanan, ano ang batayan mo sa paninindigang ito? Kung inilalarawan mo bilang katotohanan ang mga ito batay sa mga satanikong teorya at turo, kung gayon, ikaw ay kay Satanas. Kung hindi naaayon sa katotohanan ang mga bagay na ito, kung gayon ay nagmumula ang mga ito kay Satanas, kaya kailangan mong himayin kung ano mismo ang diwa ng mga ito. Sa partikular, kailangang magkaroon ng tamang pagkaunawa at tamang saloobin ang isang tao tungkol sa maraming kasabihan at pananaw sa tradisyonal na kultura na naipapasa sa pamamagitan ng pasalindila mula sa isang henerasyon tungo sa susunod. Sa ganitong paraan lamang tunay na mauunawaan at malalaman ng mga tao kung ano talaga ang katotohanan, at tumpak na makakaunawa kung ano ang hinihingi ng Diyos sa mga tao, at maunawaan kung ano talaga ang ibig sabihin ng pariralang “Ang lahat ng sinasabi ng Diyos ay katotohanan.” Kasabay nito, nagbibigay-daan din ito sa mga tao na malaman kung bakit—dahil may mga ganitong pananaw at kasabihan ang mga tao na sinasabing naaayon sa mga etikang moral, pagkatao, at mga sekular na kaugalian ng ugnayan ng tao, at dahil may mga ideya, pananaw, at kasabihan silang ganito na sinasandalan para mamuhay—nagpapahayag pa rin ang Diyos ng mga katotohanan upang iligtas ang mga tao, at higit pa rito, kung bakit sinasabi ng Diyos na tanging ang katotohanan ang makapagliligtas sa mga tao at ang katotohanan lang ang makapagpapabago sa kanila. Malinaw na may mga katotohanang matatagpuan dito. Kahit papaano, ang isang punto ay na ang mga ideya, pananaw, at kasabihan na sinasandalan ng mga tao sa buhay ay nagmumula sa tiwaling sangkatauhan, pinagsama-sama ng tiwaling sangkatauhan, at mga kuru-kuro at imahinasyon ng mga tao, at walang anumang kinalaman ang mga ito sa katotohanan. Higit pa rito, ang mga bagay na ito ay likas na salungat at mapanlaban sa katotohanan. Hindi kayang palitan ng mga ito ang katotohanan, tiyak na hindi katotohanan ang mga ito, at ni hindi kailanman magiging katotohanan ang mga ito. Mula sa perspektiba ng Diyos, ang mga bagay na ito ay tinutukoy na mali at kinokondena, at ang mga ito ay talagang hindi ang katotohanan. Ang mga kilos ng Diyos at ang katotohanang ipinapahayag ng Diyos ay walang anumang kinalaman sa mga bagay na ito. Ibig sabihin, ang katotohanang ipinapahayag ng Diyos ay walang kinalaman kahit katiting sa mga sekular na kaugalian ng tiwaling sangkatauhan ukol sa ugnayan ng mga tao, sa kanilang mga ideya, pananaw at mabubuting gawa, o sa kanilang depinisyon ng moralidad, dignidad, at mga positibong bagay. Sa Kanyang pagpapahayag ng katotohanan, ipinapahayag ng Diyos ang Kanyang disposisyon at diwa; ang Kanyang pagpapahayag ng katotohanan ay hindi nababatay sa iba’t ibang positibong bagay at pahayag na pinaniniwalaan ng mga tao na ibinuod ng sangkatauhan. Ang mga salita ng Diyos ay mga salita ng Diyos; ang mga salita ng Diyos ay katotohanan. Ang mga ito ang tanging pundasyon at batas kung saan umiiral ang sangkatauhan, at lahat ng tinaguriang doktrinang nagmumula sa tao ay mali, kakatwa,

at kinokondena ng Diyos. Hindi nakakamit ng mga ito ang Kanyang pagkilala, at lalo nang hindi ang mga ito ang pinagmulan o batayan ng Kanyang mga pagbigkas. Ipinapahayag ng Diyos ang Kanyang disposisyon at ang Kanyang diwa sa pamamagitan ng Kanyang mga salita. Lahat ng salitang ipinahayag ng Diyos ay katotohanan, sapagkat taglay Niya ang diwa ng Diyos, at Siya ang realidad ng lahat ng positibong bagay. Paano man itinuturing o binibigyang-depinisyon ng tiwaling sangkatauhan ang mga salita ng Diyos, o paano man nila tinitingnan o inuunawa ang mga ito, ang mga salita ng Diyos ay walang hanggang katotohanan, at ito ay isang katunayan na hindi kailanman nagbabago. Ilang salita man ng Diyos ang nasambit na, at gaano man kinokondena at tinatanggihan nitong tiwali at buktot na sangkatauhan ang mga ito, nananatili ang isang katunayan na hindi nagbabago magpakailanman: Ang mga salita ng Diyos ay palaging ang katotohanan, at hindi ito mababago ng tao kailanman. Sa huli, dapat kilalanin ng tao na ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan, at na ang iginagalang na tradisyonal na kultura at kaalamang siyentipiko ng sangkatauhan ay hinding-hindi maaaring maging mga positibong bagay, at hinding-hindi maaaring maging katotohanan. Tiyak iyan. Ang tradisyonal na kultura at mga pamamaraan ng pananatiling buhay ng sangkatauhan ay hindi magiging katotohanan dahil sa mga pagbabago ng panahon o paglipas ng mahahabang panahon, at hindi rin magiging mga salita ng tao ang mga salita ng Diyos dahil sa pagkondena o pagiging malilimutin ng sangkatauhan. Ang katotohanan ay palaging katotohanan; hindi magbabago ang diwang ito kailanman. Anong katunayan ang umiiral dito? Ito ay na ang mga karaniwang kasabihang ito na pinagsama-sama ng sangkatauhan ay nanggagaling kay Satanas at mga imahinasyon at kuru-kuro ng tao, o lumilitaw ang mga ito sa pagiging mainitin ng ulo ng tao at sa mga tiwaling disposisyon ng mga tao, at wala talaga itong kinalaman sa mga positibong bagay. Ang mga salita ng Diyos, sa kabilang banda, ay mga pagpapahayag ng diwa at pagkakakilanlan ng Diyos. Para sa anong dahilan ang Kanyang pagpapahayag ng mga salitang ito? Bakit Ko sinasabing katotohanan ang mga ito? Ito ay dahil ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng batas, panuntunan, ugat, diwa, aktuwal na pangyayari, at hiwaga ng lahat ng bagay. Hawak ng kamay Niya ang mga ito. Samakatwid, ang Diyos lamang ang nakakaalam ng mga tuntunin, mga aktuwal na pangyayari, mga katunayan, at mga hiwaga ng lahat ng bagay. Alam ng Diyos ang pinagmulan ng lahat ng bagay, at alam ng Diyos kung ano mismo ang pinag-ugatan ng lahat ng bagay. Tanging ang mga depinisyon sa lahat ng bagay na ipinipresenta sa mga salita ng Diyos ang pinakatumpak, at tanging ang mga salita ng Diyos ang mga pamantayan at prinsipyo para sa buhay ng mga tao at ang mga katotohanan at pamantayan ng mga tao para mabuhay, samantalang ang mga satanikong batas at teorya na sinasandalan ng tao para mabuhay mula nang gawing tiwali ni Satanas ay taliwas sa katunayan na ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay, at sa katunayan na Siya ang may kataas-taasang kapangyarihan sa mga batas at panuntunan ng lahat ng bagay. Ang lahat ng satanikong teorya ng tao ay nagmumula sa mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao,

at ang mga ito ay mula kay Satanang. Anong uri ng papel ang ginagampanan ni Satanang? Una, ipinipresenta nito ang sarili bilang ang katotohanan; pagkatapos, ginugulo, sinisira, at niyuyurakan nito ang lahat ng batas at panuntunan ng lahat ng bagay na nilikha ng Diyos. Kaya, ang anumang nagmumula kay Satanang ay lubos na tumutugma sa diwa ni Satanang, at puno ito ng buktot na pakay ni Satanang, ng mga pekeng bagay at pagkukunwari, at ng hindi kailanman nagbabagong ambisyon ni Satanang. Hindi mahalaga kung kayang kilatisin ng mga tiwaling tao ang mga pilosopiya at teoryang ito na mula kay Satanang, at kahit gaano karaming tao ang nagtataguyod, nagsusulong, at sumusunod sa mga bagay na ito, at kahit ilang taon at panahon man hinangaan, sinamba, at ipinangaral ng tiwaling sangkatauhan ang mga ito, hindi magiging katotohanan ang mga ito. Dahil ang diwa, pinagmulan, at ugat ng mga ito ay si Satanang, na mapanlaban sa Diyos at sa katotohanan, kaya ang mga bagay na ito ay hindi kailanman magiging katotohanan—ang mga ito ay palaging magiging mga negatibong bagay. Kapag walang katotohanan na maihahambing, maaaring maituring na mabuti at positibong bagay ang mga ito, ngunit kapag ginamit ang katotohanan para ilantad at himayin ang mga ito, hindi walang pagkakamali ang mga ito at hindi makapapasa sa masusing pagsisiyasat, at mga bagay na mabilis kondenahin at tanggihan. Ang katotohanang ipinapahayag ng Diyos ay tumpak na tumutugma sa mga pangangailangan ng normal na pagkatao ng sangkatauhang nilikha ng Diyos, samantalang ang mga bagay na ikinikintal ni Satanang sa mga tao ay tumpak na salungat sa mga pangangailangan ng normal na pagkatao ng sangkatauhan. Ginagawa ng mga ito na hindi normal, at maging labis-labis, makitid ang isip, mayabang, hangal, buktot, matigas ang kalooban, malupit, at maging lubhang mapagmataas pa nga ang isang normal na tao. May isang punto kung saan nagiging masyadong nasisiraan na ng bait ang mga tao at ni hindi na nila alam kung sino sila. Ayaw nilang maging normal o ordinaryong tao, at sa halip ay iginigiit nilang maging superhuman, mga tao na may espesyal na kapangyarihan, o mga tao na nasa mataas na antas—ang mga bagay na ito ang bumaluktot sa pagkatao at sa instinto ng mga tao. Ang katotohanan ay nagpapahintulot sa mga tao na mamuhay nang mas likas ayon sa mga panuntunan at batas ng normal na pagkatao at sa lahat ng panuntunang ito na itinatag ng Diyos, samantalang ang mga di umano’y karaniwang kasabihan at mga mapanlihis na kasabihan ay tumpak na humihimok sa mga tao na talikuran ang kanilang instinto at iwasan ang mga batas na itinakda at binuo ng Diyos, maging hanggang sa punto na hinihimok nila ang mga tao na lumihis mula sa landas ng normal na pagkatao at gumawa ng ilang labis-labis na bagay na hindi dapat ginagawa o iniisip ng mga normal na tao. Ang mga satanikong batas na ito ay hindi lamang bumabaluktot sa pagkatao ng mga tao, kundi nagsasanhi rin ang mga ito na mawalan ng kanilang normal na pagkatao at instinto ng normal na pagkatao. Halimbawa, sinasabi ng mga satanikong batas na, “Ang kapalaran ng isang tao ay nasa kanyang kamay,” at “Ang kaligayahan ay nililikha ng sariling mga kamay.” Ito ay salungat sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos at salungat sa instinctong tao. Kapag umabot na sa limitasyon ang katawan at ang instinto

ng mga tao, o kapag ang kanilang tadhana ay nasa kritikal na yugto, ang mga taong umaasa sa mga batas na ito mula kay Satanas ay hindi na makayanan. Nararamdaman ng karamihan na ang presyur ay lumampas na sa kanilang limitasyon at lumagpas na sa kung ano ang makakaya ng kanilang isipan, at sa huli, nagiging schizophrenic ang ilang tao. Ang mga taong kumukuha ng pagsusulit sa pagpasok sa kolehiyo sa kasalukuyan ay nakakaranas ng matinding presyur mula sa mga pagsusulit na iyon. Iba-iba ang pisikal na kondisyon at mga katangiang pangkaisipan ng mga tao; may ilan na kayang umangkop sa gayong rehimen, samantalang ang iba ay hindi. Sa huli, ang ibang tao ay nalulugmok sa depresyon, habang ang iba ay nagiging schizophrenic, at tumatalon pa nga sa mga gusali at nagpapakamatay—iba't ibang uri ng bagay ang nangyayari. Ano ang nagsasanhi ng mga kahihinatnan ito? Ang sanhi ay na nililihis ni Satanas ang mga tao sa pamamagitan ng panghihikayat sa kanila na hangarin ang kasikatan at pakinabang, na siyang nakakapinsala sa tao. Kung magagawa ng mga tao na mamuhay nang natural ayon sa mga panuntunang itinakda ng Diyos, at mamuhay ayon sa paraang inorden ng Diyos para sa mga tao, at magbasa ng mga salita ng Diyos, at mamuhay sa harap ng Diyos, masisiraan ba sila ngbait? Kakayanin kaya nila ang sobrang presyur? Talagang hindi. Ginagawa ng Diyos ang Kanyang gawain para maunawaan ng mga tao ang katotohanan, maiwaksi ang kanilang mga tiwaling disposisyon, at makapagpasakop sa kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos. Sa ganitong paraan, ang mga tao ay maaaring mamuhay sa harap ng Diyos, nang walang presyur, at magkakamit lamang sila ng kalayaan at kaginhawahan. Ang sangkatauhan ay nilikha ng Diyos, at tanging ang Diyos ang nakakaalam sa instinto ng tao at sa lahat ng tungkol sa mga tao. Ginagamit ng Diyos ang mga panuntunang binuo Niya para gabayan ang mga tao at tustusan ang kanilang mga pangangailangan, samantalang tiyak na hindi ginagawa ni Satanas iyon. Itinutulak nito ang mga tao na lumabag sa lahat ng panuntunang ito, at pinipilit ang mga tao na maging mga superhuman at mga kilalang tao. Hindi ba't ito ay isang panlalansi sa mga tao? Ang totoo, ang mga tao ay normal at ordinaryong tao—paano sila magiging superhuman o mga taong may espesyal na kapangyarihan? Hindi ba't ito ay pagsira sa mga tao? Kahit gaano ka pa magpunyagi, kahit gaano pa kalaki ang iyong mga ambisyon at pagnanais, hindi ka maaaring maging superhuman o isang taong may espesyal na kapangyarihan. Kahit na sirain mo ang iyong sarili hanggang sa puntong mawalan ka na ng wangis ng pagiging tao, hindi ka maaaring maging superhuman o isang tao na may espesyal na kapangyarihan. Anumang propesyon ang dapat mayroon ang isang tao sa buhay ay pauna nang itinakda ng Diyos. Kung hindi ka mamumuhay ayon sa mga batas at panuntunan na binuo ng Diyos, kundi ay pipiliin ang mga mapanlihis at maladiyablong salita ni Satanas at hahangarin na maging isang superhuman o isang taong may mga espesyal na kapangyarihan, kakailanganin mong magdusa ng paghihirap at mamatay. Ibig sabihin, kung pipiliin mong tanggapin na sirain, yurakan, at gawing tiwali ka ni Satanas, kung gayon, ang lahat ng iyong tinitis ay ang kahihinatnan ng iyong sariling mga kilos, ito ang nararapat sa iyo, at

ito ay ayon sa sarili mong kagustuhan. May ilang tao na kumukuha ng pagsusulit sa pagpasok sa kolehiyo, bumagsak sila rito nang dalawa o tatlong beses, at sa huli ay humantong sila sa pagkabaliw dahil hindi nila kailanman naipasa ito. Ito ba ay isang bagay na sila mismo ang nagdulot sa kanilang sarili? Bakit ba gusto mong kumuha ng pagsusulit sa pagpasok sa kolehiyo? Hindi ba't ito ay para lamang mamukod-tangi at magbigay karangalan sa iyong mga ninuno? Kung aabandonahin mo ang dalawang layong ito na mamukod-tangi at magbigay karangalan sa iyong mga ninuno at hindi maghahabol sa mga bagay na ito, kundi sa halip ay lumipat sa isang wastong layon, hindi ba't mawawala ang presyur? Kung tatanggapin mo ang paggawang tiwali ni Satanas, at kung tatanggapin mo ang lahat ng ideya at pananaw na ito mula rito, kung gayon, kakailanganing tiisin ng iyong katawan ang lahat ng uri ng pasakit, at magiging nararapat lamang ito sa iyo! Ang kahihinatnang ito ay sarili mong pagpili at kagagawan. Hindi ito paunang itinakda ng Diyos. Hindi nilalayon ng Diyos na mamuhay ka nang ganoon. Lubos nang nilinaw ng mga salita ng Diyos ang mga bagay, at ikaw ang hindi nagsasagawa ayon sa mga salita ng Diyos. May hangganan sa kayang tiisin ng katawan, katatagan ng loob, at katangian ng pag-iisip ng isang tao, ngunit hindi iyon napagtatanto ng mga tao mismo at iba ang iniisip nila, at sinasabi pa nga nila na ang kanilang tadhana ay nasa sarili nilang mga kamay, subalit sa huli ay hindi naman nila makontrol ang kanilang tadhana, at sa halip ay namamatay sila nang miserable at kalunos-lunos. Paanong masasabi na ito ay paghawak sa sariling tadhana? Ganito ginagamit ni Satanas ang lahat ng uri ng nakapanlilinlang na ideya at erehiya at maling paniniwala para gawing tiwali ang mga tao. Hindi ito alam ng mga tao mismo, at pakiramdam pa nga nila ay ayos lang ang mga ito, iniisip na, "Patuloy na umuusad ang lipunan, dapat tayong makisabay sa panahon at tanggapin natin ang lahat ng positibong enerhiya." Ang mga ito ay ganap na mga maladiyablong salita. Paanong magkakaroon ng positibong enerhiya sa isang malademonyong mundong walang pananampalataya? Lahat ito ay negatibong enerhiya, lahat ito ay kanser, at lahat ito ay isang inorasang bomba. Kung tatanggapin mo ang mga bagay na ito, kakailanganin mong tiisin ang masasamang kahihinatnan nito, at kakailanganin mong mapahirapan at mawasak ni Satanas. Ito ang nangyayari kung hindi mo hinahangad ang katotohanan. Anong mabuting wakas ang maaaring mangyari kung susunod ka kay Satanas? Gagawin ni Satanas ang lahat ng makakaya nito para lasunin ka at magkintal ng lason sa iyo. Inililigtas ka ng Diyos; pinipinsala ka ni Satanas. Pinagagaling ng Diyos ang iyong mga sakit; nilalason ka ni Satanas para magkasakit ka. Kapag mas maraming lason ang natatanggap mo mula kay Satanas, mas magiging mahirap para sa iyo na tanggapin ang katotohanan. Ganoon talaga iyon. Dito na nagtatapos ang ating pagbabahaginan tungkol sa paksa ng kung ano ang katotohanan. Sa susunod, pagbabahaginan natin ang isa pang paksa.

Isang Paghihimay sa mga Anticristo na Ginagawa ang Kanilang Tungkulin Para Lang Maging Tanyag Sila at Maisakatuparan ang Kanilang Sariling mga Interes at Ambisyon, Hindi Kailanman Isinasaalang-alang ang mga Interes ng Sambahayan ng Diyos, at Ipinagkakanulo pa ang mga Interes na Iyon, Ipinagpapalit Para sa Kanilang Personal na Kaluwalhatian

I. Kung Ano ang mga Interes ng Diyos at Kung Ano ang mga Interes ng mga Tao

Sa pagkakataong ito, magbabahaginan tayo tungkol sa ikasiyam na aytem ng iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo—ginagawa nila ang kanilang tungkulin para lang maging tanyag sila at maisakatuparan ang kanilang sariling mga interes at ambisyon; hindi nila kailanman isinasaalang-alang ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, at ipinagkakanulo pa nga ang mga interes na iyon, ipinagpapalit ang mga iyon para sa kanilang personal na kaluwalhatian. Sa ating pang-araw-araw na buhay, madalas nating binibigyang-diin ang mga interes ng Diyos at ng sambahayan ng Diyos. Gayumpaman, madalas na hindi isinasaalang-alang ng ilang tao ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, sa halip ay inuuna at isinisentro nila ang sarili nilang mga interes sa lahat ng bagay. Talagang makasarili ang mga taong ito. Higit pa rito, sa pangangasiwa nila sa mga gawain, madalas nilang pinangangalagaan ang sarili nilang mga interes na nakapipinsala sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, hanggang sa punto na gagawa pa nga sila ng hindi direktang kahilingan sa sambahayan ng Diyos para matugunan ang sarili nilang mga pagnanais. Ano ang pinakamahalagang salita rito? Ano ang pangunahing tinutukoy rito? (Mga interes.) Ano ang ibig sabihin ng “mga interes”? Ano ang kasama sa terminong ito? Ano ang itinuturing ng isang tao bilang mga interes ng mga tao? Ano ang saklaw ng mga interes ng mga tao? Katayuan, reputasyon, at mga bagay na may kinalaman sa mga materyal na interes. Halimbawa, kapag inililihis ng isang tao ang iba para hangaan at sambahin siya, hinahangad niya ang sarili niyang mga sikolohikal na interes; mayroon ding mga materyal na interes, na hinahangad ng mga tao sa pamamagitan ng pananamantala sa iba, pagkuha ng mga benepisyong para sa sarili nila, o pagnanakaw sa ari-arian ng sambahayan ng Diyos, bilang ilang halimbawa. Walang ibang palaging hinahanap ang mga anticristo kundi pakinabang. Naghahangad man sila ng mga sikolohikal o materyal na interes, sakim at walang kabusugan ang mga anticristo, at susubukan nilang kunin ang lahat ng bagay na ito para sa sarili nila. Ang mga bagay na may kinalaman sa mga interes ng isang tao ang pinakanagbubunyag sa kanya. Ang mga interes ay malalim na nauugnay sa buhay ng bawat tao, at ang lahat ng bagay na nakakasalamuha ng isang tao sa bawat araw ay may kinalaman sa mga interes niya. Halimbawa, kapag may sinasabi ka o nagtatalakay ka tungkol sa isang bagay, anong mga interes ang kasama? Kapag nag-uusap ang dalawang tao tungkol sa isang isyu, isang usapin ito ng kung sino ang mahusay magsalita at sino ang hindi, kung sino ang hinahangaan ng ibang tao at sino ang minamaliit ng ibang tao, at isa

rin itong usapin ng magkakaibang kahihinatnan ng magkakaibang paraan nila ng pagsasalita. Hindi ba't isa itong usapin ng mga interes? Kaya, ano ang ginagawa ng mga tao kapag nangyayari sa kanila ang ganitong mga uri ng isyu? Ginagawa ng mga tao ang makakaya nila para magpasikat, nagpapakahirap mag-isip para ayusin ang mga salita nila upang malinaw na maipaliwanag ang paksa, at upang mas eleganteng maipahayag ang mga salita, at mas kasang-a-sang-ayong pakinggan ang mga ito, at upang magkaroon din ng maayos na estruktura, at mag-iwan ng pangmatagalang impresyon sa mga tao. Gamit ang ganitong pamamaraan, gamit ang kahusayang magsalita, utak, at kaalaman ng isang tao para makuha ang pabor ng mga tao at mag-iwan ng malalim na impresyon sa kanila—ito ay isang uri ng interes. Ano pang ibang mga aspekto ang kasama sa mga interes na hinahangad ng mga tao? Kapag abala sila sa gawain nila, palaging tinitimbang ng mga tao ang mga bagay-bagay, nagkakalkula, at nagninilay-nilay sa isipan nila, nagpapakahirap mag-isip kung anong mga aksiyon ang makakabuti sa interes nila, anong mga aksiyon ang hindi makakabuti sa interes nila, anong mga aksiyon ang makakapagpalago ng mga interes nila, anong mga aksiyon ang kahit papaano ay hindi makasasama sa mga interes nila, at anong mga aksiyon ang makapagbibigay sa kanila ng pinakadakilang kaluwalhatian at ng pinakamalaking materyal na mga pakinabang, at ang gagawin silang pinakamalaking benepisyado. Ito ang dalawang interes na ipinaglalaban ng mga tao sa tuwing may mga isyung nangyayari sa kanila. Nakatuon sa dalawang aspektong ito ang mga interes na hinahangad ng mga tao at wala nang iba pa: sa isang banda, ang pagtamo ng mga materyal na benepisyo, o sa pinakamababa ay ang hindi mawalan, at pagsamantalahan ang iba; sa kabilang banda, sa sikolohikal na antas, ang mahikayat ang mga tao na tingalain at hangaan sila, at makuha ang loob ng mga tao. Minsan, upang makamit ang kapangyarihan at katayuan, kaya pa ngang talikuran ng mga tao ang mga materyal na interes—ibig sabihin, magkakaroon sila ng kaunting kawalan para pagkatapos ay magkamit sila ng mas malaking kalamangan sa iba. Sa madaling salita, ang mga bagay na ito na nauugnay sa reputasyon, katayuan, kaluwalhatian at mga materyal na bagay ng mga tao ay saklaw lahat sa kategorya ng mga interes ng mga tao, at ang lahat ng ito ay mga interes na hinahangad ng mga tao.

Ano ang kalikasan ng paghahangad ng mga tao sa mga interes na ito? Bakit hinahangad ng mga tao ang mga bagay na ito? Lehitimo bang hangarin ang mga ito? Makatwiran ba ito? Naaayon ba ito sa mga hinihingi ng Diyos sa mga tao? Ito ba ang pamantayang hinihingi ng Diyos sa mga nilikha? Sa mga salita ng Diyos, binanggit ba Niya na “dapat ninyong hangarin at palawakin hangga’t maaari ang sarili ninyong mga interes. Huwag ninyong isakripisyo ang mga interes ninyo dahil lang sa nananampalataya kayo sa Diyos at tumutupad ng isang tungkulin. Dapat ninyong pahalagahan ang katayuan, reputasyon, at kapangyarihan ninyo, at protektahan ang mga bagay na ito sa lahat ng paraan. Kung binibigyan ka ng Diyos ng katayuan, dapat mong pahalagahan ito at gawin itong kaluwalhatian mo sa halip na kahihyan mo. Atas ito ng Diyos sa iyo”—minsan

na ba itong nasabi ng Diyos? (Hindi.) Dahil walang ganito sa mga salita ng Diyos, ano kung gayon ang hinihingi ng Diyos sa mga nilikha sa Kanyang puso? Paano hinihingi ng Diyos na tratuhin ng mga tao ang mga interes? Sa isang banda, nais ng Diyos na talikuran ng mga tao ang kanilang mga interes—ito ay sa pangkalahatang termino; bukod pa rito, binibigyan ng Diyos ang mga tao ng mga angkop na landas ng pagsasagawa sa mas marami pang aspekto, sinasabi sa mga tao kung paano kumilos upang makasunod sila sa landas na dapat nilang tahakin, kung paano magsagawa gaya ng dapat gawin ng isang nilikha, kung anong mga pananaw at saloobin ang dapat mayroon ang mga tao patungkol sa mga materyal na bagay, kasikatan at pakinabang, at kung paano sila dapat pumili. Hindi na kailangang sabihin pa na bagama't ang mga salita ng Diyos ay hindi direktang nagsasabi sa mga tao kung paano ituring ang mga interes, ipinahihiwatig na ipinapahayag din ng Kanyang mga salita kung ano ang mga pananaw ng Diyos tungkol sa mga interes ng tiwaling sangkatauhan, at ipinaliliwanag nang napakalinaw na dapat isantabi ng mga tao ang kanilang sariling mga pananaw, gawin ang mga bagay-bagay alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo, kumilos ayon sa posisyon nila bilang nilikha, at manatili sa kanilang puwesto. Sa puso ng Diyos, sadya ba Niyang pinagkakaitan ang mga tao ng kanilang mga interes sa pamamagitan ng paghingi na kumilos sila sa ganitong paraan? Talagang hindi. Sinasabi ng ilang tao na, “Sa iglesia, palaging pinag-uusapan ang mga interes ng sambahayan ng diyos at ang mga interes ng iglesia, pero bakit walang nag-uusap tungkol sa mga interes nating mga tao? Sino ang nangangalaga sa ating mga interes? Hindi ba't dapat mayroon din tayong mga karapatang pantao? Dapat din tayong bigyan ng ilang maliit na pakinabang. Bakit hindi man lang tayo binibigyan ng maliit na bagay? Bakit lahat ng interes ay nasa diyos? Hindi ba't makasarili rin ang diyos?” Ang pagsasabi nito ay labis na mapaghimagsik at taksil. Malinaw na maling sabihin ang bagay na ito. Ang isang taong may pagkatao ay tiyak na hindi kayang magsabi nito; mga diyablo lang ang nangangahas na magsabi ng iba't ibang mapaghimagsik na bagay. May iba namang nagsasabi: “Palaging sinasabi ng Diyos sa mga tao na huwag isipin ang kanilang pansariling mga interes. Palagi Niyang sinasabi na huwag magpakana para sa sariling kapakanan. Gusto ng mga tao na mamukod-tangi sa pamamagitan ng paggawa o pagtamo ng isang bagay na nanghihikayat sa lahat ng tao na sambahin sila. Sinasabi ng Diyos na isa itong ambisyon. Gusto ng mga tao na ipaglaban ang kanilang pansariling mga interes, kumain ng masasarap na pagkain, magpakasaya sa buhay, magpakasasa sa kaginhawahan ng laman, at mamuhay nang marangal sa gitna ng sangkatauhan. Sinasabi ng Diyos na pinagbibigyan lamang ng mga tao ang sarili nilang mga interes sa ganitong paraan, at dapat nilang isantabi ang mga ito. Kung isasantabi natin ang lahat ng interes na ito, paano tayo makakapamuhay nang mas maganda?” Kung hindi nauunawaan ng mga tao ang mga layunin ng Diyos, palagi nilang lalabanan ang mga hinihingi ng Diyos, at palagi silang makikipag-alitan sa Diyos tungkol sa mga bagay na ito. Katulad ito ng ilang magulang na nagtatrabaho nang husto sa kalahati ng buhay nila para palakihin ang kanilang mga anak at pagod na pagod na kaya nagkaroon na sila ng

iba't ibang karamdaman. Nag-aalala ang mga magulang na baka bumigay na ang katawan nila at wala nang susuporta sa kanilang mga anak, kaya bumibili sila ng ilang produktong pangkalusugan. Ang mga anak naman ay walang kaalam-alam at nang makita nila ang mga produktong ito, sinasabi nila: "Ni hindi nga ako nakakabili ng bagong mga damit sa loob ng ilang taon, paanong nakakabili ka pa rin ng mga produktong pangkalusugan? Dapat iniipon mo ang perang iyan para sa pagkokolehiyo ko." Nakakasakit ba sa damdamin ng mga magulang ang pahayag na ito? Ginagawa ng mga magulang ang lahat ng ito hindi para sa kanilang sariling mga interes, at hindi dahil gusto nilang magpakasasa sa kaginhawahan ng laman, o dahil gusto nilang mabuhay nang mas matagal at mas komportable at na makibahagi sa magandang kapalaran ng mga anak nila sa hinaharap. Hindi ito para sa mga dahilang ito. Para saan nila ito ginagawa? Ginagawa nila ito alang-alang sa kanilang mga anak. Hindi ito nauunawaan ng mga anak at sinisisi pa nga nila ang kanilang mga magulang—hindi ba't ito ay pagtataksil? (Oo.) Kung hindi nauunawaan ng mga anak ang mga layunin ng mga magulang nila, maaari silang magkaroon ng hidwaan sa mga ito, hanggang sa punto ng pagkakaroon ng pagtatalo, at masaktan ang damdamin ng mga magulang nila. Kaya naman, nauunawaan ba ninyo ang puso ng Diyos? Ito ay isang usapin ng pag-unawa sa katotohanan. Bakit kinokondena ng Diyos ang mga kaugalian ng mga tao ng pagtugon sa sarili nilang mga interes at ambisyon? Dahil ba makasarili ang Diyos? Dahil ba sinasabi ng Diyos sa mga tao na huwag maghangad ng mga pansariling interes para gawin silang dukha at kahabag-habag? (Hindi.) Tiyak na hindi ganoon. Nais ng Diyos na maging mabuti ang mga tao, at pumaparito ang Diyos para gawin ang Kanyang gawain at iligtas ang mga tao upang magkaloob ng mga pagpapala sa sangkatauhan at dalhin ang mga tao sa isang magandang hantungan. Ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay para makamit ng mga tao ang katotohanan at magkamit sila ng buhay, upang maging kalipikado silang tumanggap ng pangako at mga pagpapala ng Diyos. Gayumpaman, lubos nang ginawang tiwali ni Satanas ang mga tao at mayroon na silang mga tiwaling disposisyon, at dapat silang magdusa nang labis para makamit ang katotohanan at buhay. Kung hinahangad ng lahat ang mga pansariling interes at gustong mamuhay ng maginhawang buhay para matugunan ang labis na mga pagnanasa ng laman, ngunit hindi naman sila nagsusumikap na hangarin ang katotohanan, ano ang mga kahihinatnan? Hindi nila matatamo ang katotohanan, at hindi sila madadalisay at maliligtas. Ano ang kahihinatnan ng hindi nila pagkaligtas? Silang lahat ay dapat mamatay sa mga sakuna. Ito ba ang panahon para magpakasasa sa mga kasiyahan ng laman? Hindi. Ang sinumang hindi nakakapagkamit ng katotohanan ay dapat mamatay. Samakatwid, ang hinihingi ng Diyos sa mga tao na talikuran ang mga interes ng kanilang laman para hangarin ang katotohanan ay para sa kapakanan ng mga tao, para sa kapakanan ng buhay nila, at para sa kapakanan ng kaligtasan nila. Kapag nakamit na ng mga tao ang katotohanan at naligtas na sila, darating anumang oras ang pangako at mga pagpapala ng Diyos. Walang nakakaalam kung ilang daan o ilang libong beses na

mas malaki kaysa sa mga kasiyahan ng laman na iniisip ng mga tao ang mga pagpapalang ipinagkakaloob ng Diyos sa mga tao. Paanong hindi nakikita ng mga tao ang mga ito? Bulag ba silang lahat sa mga ito? Bakit, kung gayon, palaging hinihingi ng Diyos sa mga tao na isantabi ang kanilang sariling mga interes at ipagtanggol ang mga interes ng Diyos at mga interes ng sambahayan ng Diyos? Sino ang makakapagpaliwanag ng bagay na ito? (Hinihingi ng Diyos sa mga tao na talikuran ang mga pansariling interes dahil ang mga tao ay ginawang tiwali ni Satanas, at ang mga interes nila ay hindi naaayon sa katotohanan. Sa pag-uutos sa mga tao na ipagtanggol ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, tinuturuan ng Diyos ang mga tao kung paano sila umasal. Ito ay dahil din sa ang lahat ng gawaing ginagawa ng Diyos ay para iligtas ang mga tao, at kung may isang taong hindi alam kung paano ipagtanggol ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, hindi siya karapat-dapat na tawaging tao.) May ilang praktikal na punto sa sinasabi mo. (May isang bagay akong gustong idagdag. Nahumaling ako sa kasikatan, pakinabang, at katayuan. Pakiramdam ko ay mayroon akong ilang kaloob at na dapat itaas ang aking ranggo bilang superbisor. Gayumpaman, sa tuwing darating ang halalan, natatalo ako, at nagrereklamo ako sa Diyos sa puso ko—bakit hindi ipinagkakaloob sa akin ng Diyos ang munting hiling na ito? Kalaunan, matapos dumanas ng ilang kabiguan, binasa ko ang mga salita ng Diyos at pinagnilayan ang sarili ko, at napagtanto ko na madalas akong naiinggit at nakikipag-away dahil sa paghahangad ko ng kasikatan, pakinabang, at katayuan, at hindi ako nakikipagtulungan nang maayos sa mga kapatid ko. Hindi lamang sa wala akong nagawang anumang pag-usad sa buhay ko, kundi nagdulot din ako ng ilang kawalan sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Napagtanto kong ang paghahangad ng kasikatan, pakinabang, at mga pansariling interes ay hindi isang tamang pananaw sa buhay o tamang layon na dapat hangarin; isa itong maling pananaw na ikinikintal ni Satanas sa mga tao upang malihis sila, at napakamapanganib ng gayong paghahangad. Sinasabi ng Diyos sa mga tao na huwag maghangad ng kasikatan, pakinabang, at katayuan hindi dahil gusto Niyang bigyan sila ng problema, hindi rin dahil gusto Niyang pahirapan sila, kundi dahil isa itong napakamapanganib na landas, at ang gayong mga paghahangad ay hahantong lamang sa huli sa kawalan ng napala ng isang tao.) Sa pagsasabing “kawalan ng napala” at “napakamapanganib,” ano sa tingin ninyo ang panganib na tinutukoy niya? Usapin lang ba talaga ito ng pagkahantong sa kawalan ng napala at wala nang iba? Anong klaseng landas ito? (Ang landas tungo sa pagkawasak.) Ang ganitong paghahangad ay isang landas ng paglaban sa Diyos. Hindi ito paghahangad sa katotohanan, kundi sa halip ay paghahangad ng katayuan at katanyagan. Paglakad ito sa landas ng mga anticristo. Kahit gaano pa kalehitimo sa tingin mo ang mga kahilingan at adhikain mo, hindi ito ang nais ng Diyos, hindi ang ganitong uri ng paghahangad. Hindi nais ng Diyos na maghangad ka sa ganitong paraan. Kung ipipilit mong manatili sa sarili mong landas, kung gayon, ang huling kahihinatnan mo ay hindi ka lamang hahantong sa kawalan ng napala, kundi tatahak ka rin sa isang landas ng paglaban sa Diyos. Ano ang panganib

dito? Lalabanan mo ang Diyos, magpoprotesta ka laban sa Kanya at kokontra sa Kanya, at maninindigan laban sa Kanya, at ang kalalabasan ay pagkawasak. Mayroon pa bang maidadagdag? (O Diyos, may gusto akong idagdag. Ngayon lang ay nagtanong ang Diyos, bakit ayaw ng Diyos na ipagtanggol ng mga tao ang sarili nilang mga interes, bagkus ay ipagtanggol ang mga interes ng sambahayan ng Diyos? Sa pagkakaunawa ko, nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay, at ang lahat ng bagay ay nagmumula sa Diyos. Ang bawat bagay na nilikha ng Diyos ay para sa mga tao. Anuman ang ginagawa ng Diyos—kabilang na ang dalawang beses na pagkakatawang-tao Niya para gawin ang lahat ng gawaing ito, at kasama na rin ng lahat ng gawaing ito ngayon ang pagtatatag ng iglesia—sa katunayan, lahat ito ay alang-alang sa pagliligtas sa mga tao. Kapag nananampalataya na ang mga tao sa Diyos, nagsisimulang mamuhay ng buhay iglesia, at nakakagawa ng mga tungkulin nila, mayroon na silang landas ng kaligtasan. Samakatwid, ang paghiling ng Diyos sa amin na isantabi ang aming mga pansariling interes ay hindi pagkakait, sapagkat kami rin mismo ang makikinabang sa huli sa pagtatanggol sa mga interes ng Diyos at sa mga interes ng sambahayan ng Diyos.) Mabuti talaga. Ang pangkalahatang kahulugan ng pinagbabahaginan ninyo ay tama kung tutuusin. May mga taong nag-uusap tungkol sa personal nilang mga karanasan, at may iba namang nag-uusap tungkol dito mula sa teoretikal na perspektiba. Sa pangkalahatan, ang nauunawaan ninyo ay katulad na ideya na ang mga interes ng Diyos ay lehitimo at ang mga interes ng mga tao ay hindi lehitimo. Ang mga interes lamang ng Diyos ang maaaring tawaging mga interes, samantalang ang mga interes ng mga tao ay hindi dapat umiral. Lalo na ang “mga interes ng mga tao”—ang pariralang ito, ang ekspresyong ito, ang katunayang ito—ay hindi isang bagay na dapat tamasahin ng mga tao. Ang mga interes ng Diyos ay nauuna sa lahat at dapat na ipagtanggol. Ito ang nauunawaan ninyo sa kabuuan. Ibig sabihin, dapat magkaroon ng responsabilidad ang mga tao na ipagtanggol ang mga interes ng Diyos at dapat nilang tingnan nang tama ang mga interes ng Diyos, samantalang ang mga interes ng mga tao ay dapat tingnan nang may paghamak at alisin, sapagkat hindi gaanong maluwalhati ang mga interes ng mga tao. Mula sa pananaw ng tao—dahil sa ugat ay may mga tiwaling disposisyon ang mga tao, at sa loob-loob ay nadudungisan sila ng mga tiwaling disposisyon—lahat ng interes ng mga tao, sa kahit saanmang anggulo ninyo tingnan ang mga ito, at kung nahahalata man ang mga ito o hindi nahahalata, ay nabibilang sa kategorya ng hindi lehitimo. Samakatwid, kung maisasantabi man ng mga tao ang mga ito o hindi, subhetibo na nilang napagtanto na dapat isantabi ang mga interes ng mga tao, at na ang mga interes ng Diyos ang dapat ipaglaban at ipagtanggol. May pinagkasunduan tungkol sa puntong ito. Ngayong mayroon na tayong napagkasunduan, magbahaginan tayo tungkol sa kung ano mismo ang mga interes ng Diyos.

Ano ba mismo ang mga interes ng Diyos? Maaari bang gawing pantay-pantay ang mga interes ng Diyos, mga interes ng sambahayan ng Diyos, at ang mga interes ng iglesia? Maaaring sabihin na ang “Diyos” ay isang titulo, at kasingkahulugan din ito

ng diwa ng Diyos. Paano naman ang “sambahayan ng Diyos” at ang “iglesia”? Ang sambahayan ng Diyos ay may malawak na saklaw, samantalang ang iglesia ay mas partikular. Maaari bang gawing pantay-pantay ang mga interes ng Diyos, mga interes ng sambahayan ng Diyos, at ang mga interes ng iglesia? (Hindi, hindi maaari.) May ilang tao na nagsasabing hindi maaari, pero sa totoo lang, maaari nga ba? Pare-parehong bagay ba ang mga atas administratibo ng sambahayan ng Diyos, mga atas administratibo ng iglesia, at mga atas administratibo na ipinahayag ng Diyos? (Oo.) Pare-pareho lang ang mga ito. Mula sa perspektibang ito, maaaring ituring na pantay-pantay ang mga interes ng tatlong ito. Umiiral lamang ang sambahayan ng Diyos kasama ang Diyos at ang Kanyang hinirang na mga tao, at umiiral lamang ang iglesia kasama ang hinirang na mga tao na ito ng sambahayan ng Diyos. Ang iglesia ay isang mas partikular na “nasasakupang yunit” ng sambahayan ng Diyos. Ang sambahayan ng Diyos ay isang mas malawak na termino, samantalang ang iglesia ay mas partikular. Maaari bang gawing pantay-pantay ang mga interes ng Diyos, ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, at ang mga interes ng iglesia? Sa palagay ba ninyo ay dapat pantay-pantay ang mga ito? Hindi ninyo alam? Kung gayon, subukan muna nating pagpantay-pantayin ang mga ito para masuri. Halimbawa, ang kaluwalhatian ng Diyos ay ang interes ng Diyos. Ayos lang bang sabihin na ito ang kaluwalhatian ng sambahayan ng Diyos? (Hindi.) Hindi ayos iyon. Ang sambahayan ng Diyos ay isang pangalan; hindi ito kumakatawan sa diwa ng Diyos. Ayos lang bang sabihin na ang kaluwalhatian ng Diyos ay ang kaluwalhatian ng iglesia? (Hindi.) Malinaw na hindi rin ayos iyon. Ang kaluwalhatian ng iglesia ay ang kaluwalhatian ng lahat ng kapatid. Ang pagpapantay nito sa kaluwalhatian ng Diyos ay labis na kapangahasan. Hindi kayang pasanin ng mga tao ang kaluwalhatiang ito, at gayundin ng sambahayan ng Diyos o ng iglesia. Mula sa perspektibang ito, maaari bang gawing pantay-pantay ang mga interes ng Diyos, ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, at ang mga interes ng iglesia? (Hindi, hindi maaari.) Hindi, hindi maaari. Mula sa ibang perspektiba, maaari bang gawing pantay-pantay ang parte ng gawain na ginagawa ng Diyos, ang parte ng gawain ng sambahayan ng Diyos, at ang parte ng gawain ng iglesia? Halimbawa, sinasabi ng Diyos sa mga tao na ipangaral ang ebanghelyo at ipakalat ang mga salita ng Diyos. Ito ang layunin ng Diyos, at ito rin ang iniaatas ng Diyos sa mga tao. Kapag ang atas na ito ay itinalaga sa sambahayan ng Diyos, maaari bang ipantay ang gawaing ito sa gawaing pinaplanong gawin ng Diyos? Kung ano ang iniaatas ng Diyos ay parte rin ng Kanyang gawain, at ang partikular na parteng ito ay maaaring ipantay sa gawaing pinaplanong gawin ng Diyos. Kapag itinalaga sa iglesia ang atas na ito, maaari ba itong ipantay sa gawain ng Diyos? (Oo.) Oo, maaari. Isa sa dalawang halimbawang ito ay kinasasangkutan ng isang bagay sa diwa ng Diyos, kung saan ang Diyos, ang sambahayan ng Diyos, at ang iglesia ay hindi maaaring gawing pantay-pantay. Ang isa pang halimbawa ay may kinalaman sa gawaing ginagawa ng Diyos, sa atas ng Diyos, at sa mas partikular, sa mga hinihingi ng Diyos para sa lahat—maaaring gawing pantay-pantay ang mga bagay na ito.

Pagdating sa mga bagay-bagay na may kinalaman sa kaluwalhatian ng Diyos, pagkakakilanlan ng Diyos, diwa ng Diyos, at patotoo ng Diyos, maaari bang gawing pantay-pantay ang Diyos, ang sambahayan ng Diyos, at ang iglesia? (Hindi.) Ang sambahayan ng Diyos at ang iglesia ay hindi maaaring magtaglay ng patotoo at kaluwalhatian ng ito, at hindi maaaring ipantay sa Diyos, ngunit kapag tungkol ito sa isang partikular na trabaho o atas, maaaring pantay-pantay ang mga ito. Nagbahaginan na tayo noong nakaraan tungkol sa mga interes ng sambahayan ng Diyos at ng iglesia, at marami tayong napag-usapan tungkol dito. Ngayon, pagtutuunan natin ang pagbabahaginan tungkol sa kung ano ba mismo ang mga interes ng Diyos, at kung ano ba mismo ang mga bagay na hindi alam ng mga tao, na hindi kailanman naisip ng mga tao, at na malapit na nauugnay sa Diyos at itinuturing na mga interes ng Diyos. Kung ito man ay isang pangngalan, isang kasabihan, o isang bagay na nauugnay sa diwa at pagkakakilanlan ng Diyos, aling mga bagay ang mga interes ng Diyos? (Ang kaluwalhatian ng Diyos.) Ang kaluwalhatian ng Diyos ay siyang tiyak, ang patotoo na natatamo ng Diyos mula sa mga tao. Ano-ano pa ang kabilang? Ang gawain ng Diyos, ang plano ng pamamahala ng Diyos, ang pangalan ng Diyos, ang patotoo ng Diyos, ang pagkakakilanlan ng Diyos, at ang katayuan ng Diyos—ang lahat ng ito ay ang Kanyang mga interes. Para sa Diyos, ano ang pinakamahalagang bagay na nais Niyang protektahan? Ito ba ang pangalan ng Diyos, ang kaluwalhatian ng Diyos, ang patotoo ng Diyos, o ang pagkakakilanlan at katayuan ng Diyos? Ano nga ba mismo? Ang plano ng pamamahala ng Diyos para iligtas ang sangkatauhan ay ang pinakamahalagang bagay na nais protektahan ng Diyos. Ang 6,000-taong plano ng pamamahala ng Diyos ay ang lahat ng gawain na pinaplanong gawin ng Diyos sa loob ng 6,000-taong panahon. Para sa Diyos, ito ang pinakamahalagang bagay. Maaaring sabihin na dapat ito ang interes ng Diyos na makikita sa mga mata ng mga nilikhang tao. Ang maaaring halos maunawaan ng mga tao tungkol sa mga interes ng Diyos, at kung ano ang dapat maunawaan ng mga tao, ay maaaring hanggang doon na lang. Ang kasunod, pag-usapan natin ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Pagdating sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, bukod sa pagtatanggol sa pangalan ng Diyos, kaluwalhatian ng Diyos, at patotoo ng Diyos, ano pa ang iniatas ng Diyos sa sangkatauhan na dapat ipagtanggol ng mga tao? (Ang plano ng pamamahala ng Diyos.) Tama, ang pinakamalaking atas ng Diyos sa sangkatauhan ay ang pinakamalaking interes ng sambahayan ng Diyos. Kung gayon, ano ang interes na ito? Ito ay para sa 6,000-taong plano ng pamamahala ng Diyos na isasakatuparan sa sangkatauhan, at siyempre kasama rito ang lahat ng uri ng aspekto. Kung gayon, ano-ano ang kasama rito? Kasama rito ang pagtatatag at pagbuo sa iglesia, at ang paghubog sa mga lider at manggagawa sa lahat ng antas ng iglesia, upang makapagpatuloy nang walang hadlang ang iba't ibang aytem ng gawain ng iglesia at ang gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo ng Diyos—ang lahat ng ito ay may kinalaman sa mga interes ng iglesia. Ang mga ito ang pinakamahalagang bagay sa mga interes ng Diyos, sa sambahayan ng Diyos, at sa iglesia, na madalas nating pinag-uusapan. Para

maipalaganap ang gawain ng Diyos, para maipagpatuloy nang walang sagabal ang plano ng pamamahala ng Diyos, para maisakatuparan nang walang sagabal ang layunin ng Diyos at kalooban ng Diyos sa sangkatauhan, at para maipalaganap, maipamahagi, at maipakalat ang mga salita ng Diyos nang mas malawakan sa mga tao, upang mas maraming tao ang lumapit sa Diyos—ito ang mga layon at ang pusod ng lahat ng gawain ng Diyos. Dahil dito, anumang may kaugnayan sa mga interes ng sambahayan ng Diyos at sa mga interes ng iglesia ay tiyak na kaugnay sa kalooban ng Diyos at sa plano ng pamamahala ng Diyos. Sa partikular, ito ay isang usapin ng kung, sa bawat kapanahunan at bawat yugto, nakakapagpatuloy ba ang gawain ng Diyos nang walang sagabal at kung naipalaganap ba ito, at kung naisasakatuparan at umuusad ba ito nang maayos sa sangkatauhan. Kung ang lahat ng ito ay normal na nakakapagpatuloy, kung gayon, mapoprotektahan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos at ang iglesia, at mapoprotektahan din ang kaluwalhatian ng Diyos at ang patotoo ng Diyos. Kung nahahadlangan ang gawain ng Diyos sa sambahayan ng Diyos at sa iglesia, at hindi makakapagpatuloy nang walang sagabal, at nahahadlangan ang layunin ng Diyos at ang gawaing pinaplanong gawin ng Diyos, kung gayon, tiyak na lubos na mapipinsala ang mga interes ng sambahayan ng Diyos at ng iglesia—konektado ang mga bagay na ito. Ibig sabihin, kapag lubos na napinsala o nahadlangan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos at ng iglesia, tiyak na lubhang mapipigilan ang plano ng pamamahala ng Diyos, at lubos ding mapipinsala ang mga interes ng Diyos.

Pagkatapos magbahaginan tungkol sa kung ano ang mga interes ng Diyos, sunod nating pag-usapan kung ano ang mga interes ng mga tao. Bahagya lang nating napag-usapan ang tungkol sa mga interes ng mga tao; ngayon, pag-usapan natin ang kalikasan ng mga interes ng mga tao batay sa depinisyon ng mga ito, at ilarawan ang mga ito. Bakit hinihiling ng Diyos na isantabi ng mga tao ang mga interes nila? Wala bang ganitong karapatan ang mga tao? Hindi ba binibigyan ng Diyos ng karapatang ito ang mga tao? Hindi ba nararapat para sa mga tao ang mga karapatang ito? Hindi ba ganoon iyon? Kung titingnan ito mula sa ilang aspektong iyon ng mga interes ng mga tao na pinag-usapan natin kanina, para saan naghahangad ng mga interes ang mga tao? (Para sa sarili nila.) Ang “para sa sarili nila” ay isang pangkalahatang pahayag. Sino ang sarili nila? (Ang mga Satanas.) Kung nauunawaan ng mga tao ang katotohanan at kaya nilang mamuhay ayon sa katotohanan, at nagtatamo sila ng pagbabago sa disposisyon at naliligtas, at hinahangad nila kung ano ang gusto nila, hindi ba’t magiging kaayon ng Diyos ang paghahangad na ito? Ngunit bago pa ang pagbabago at pagliligtas, ang mga bagay na tanging hinahangad ng mga tao ay kasikatan at pakinabang, na siyang may napakaraming aspektong nauugnay sa laman; lubos na mapanlaban at kontra sa katotohanan ang mga ito, isang napakalaking paglabag sa katotohanan, at ang mga ito ang mismong kabaligtaran ng katotohanan. Kung sinasabi ng isang tao na mahal niya ang katotohanan at hinahangad niya ang katotohanan, subalit sa diwa, ang layong hinahangad niya ay gawing tanyag ang sarili, magpakitang-gilas, gawing mataas ang tingin ng mga tao

sa kanya, makamit ang kanyang sariling mga interes, at ang paggampan ng kanyang tungkulin ay hindi upang magpasakop o bigyang-kaluguran ang Diyos, at sa halip ay upang magtamo ng kasikatan, pakinabang, at katayuan, kung gayon ay hindi lehitimo ang kanyang paghahangad. At kung ganoon ang kaso, pagdating sa gawain ng iglesia, balakid ba ang kanyang mga kilos, o nakakatulong ba ang mga ito upang maisulong iyon? Malinaw na balakid ang mga ito; hindi napapasulong ng mga ito ang gawain ng iglesia. Ang ilang tao ay nagkukunwaring gumagawa ng gawain ng iglesia subalit naghahangad naman ng sarili nilang kasikatan, pakinabang, at katayuan, nagsasagawa ng sarili nilang proyekto, bumubuo ng sarili nilang maliit na grupo, ng sarili nilang munting kaharian—ginagawa ba ng ganitong uri ng tao ang kanyang tungkulin? Lahat ng gawaing ginagawa nila, sa diwa, ay nakakagambala, nakakagulo, at nakakapinsala sa gawain ng iglesia. Ano ang kahihinatnan ng paghahangad nila ng kasikatan, pakinabang, at katayuan? Una, naaapektuhan nito kung paano kinakain at iniinom ng mga taong hinirang ng Diyos ang salita ng Diyos nang normal at paano nila nauunawaan ang katotohanan, hinahadlangan nito ang kanilang buhay pagpasok, pinipigilan silang pumasok sa tamang landas ng pananalig sa Diyos, at inaakay sila patungo sa maling landas—na nakakapinsala sa mga taong hinirang, at dinadala sila sa kapahamakan. At ano ang ginagawa nito sa gawain ng iglesia sa huli? Ito ay panggugulo, pamiminsala, at pagbuwag. Ito ang kahihinatnang idinudulot ng paghahangad ng mga tao ng kasikatan, pakinabang, at katayuan. Kapag ginagawa nila ang kanilang tungkulin sa ganitong paraan, hindi ba't masasabing ito ay pagtahak sa landas ng isang anticristo? Kapag hinihingi ng Diyos na isantabi ng mga tao ang kasikatan, pakinabang, at katayuan, hindi naman sa pinagkakaitan Niya ang mga tao ng karapatang mamili; bagkus, ito ay dahil habang naghahangad ng kasikatan, pakinabang, at katayuan, nagagambala at nagugulo ng mga tao ang gawain ng iglesia at ang buhay pagpasok ng mga taong hinirang ng Diyos, at maaari pa nga silang makaimpluwensiya sa pagkain at pag-inom ng maraming tao ng mga salita ng Diyos, sa pag-unawa nila sa katotohanan, at sa pagkamit nila ng pagliligtas ng Diyos. Ito ay isang katunayang hindi mapag-aalinlanganan. Kapag hinahangad ng mga tao ang sarili nilang kasikatan, pakinabang, at katayuan, siguradong hindi nila hahangarin ang katotohanan at hindi nila matapat na tutuparin ang kanilang tungkulin. Magsasalita at kikilos lamang sila alang-alang sa kasikatan, pakinabang, at katayuan, at lahat ng gawaing ginagawa nila, nang wala ni katiting na eksepsiyon, ay alang-alang sa mga bagay na iyon. Ang umasal at kumilos sa gayong paraan ay walang pagdududang pagtahak sa landas ng mga anticristo; ito ay isang paggambala at panggugulo sa gawain ng Diyos, at lahat ng iba't ibang kahihinatnan nito ay nakakahadlang sa pagpapalaganap ng ebanghelyo ng kaharian at sa pagsasakatuparan sa kalooban ng Diyos sa loob ng iglesia. Kaya, maaaring sabihin ng isang tao nang may katiyakan na ang landas na tinatahak ng mga naghahangad ng kasikatan, pakinabang, at katayuan ay ang landas ng paglaban sa Diyos. Ito ay sadyang paglaban sa Kanya, pagkontra sa Kanya—ito ay ang makipagtulungan kay Satanas sa paglaban sa Diyos at pagsalungat sa Kanya. Ito

ang kalikasan ng paghahangad ng mga tao ng kasikatan, pakinabang, at katayuan. Ang mali sa mga taong naghahangad ng pansarili nilang mga interes ay ang hinahangad nila ang mga mithiin ni Satanas, at ang mga ito ay mga buktot at hindi makatarungang layon. Kapag hinahangad ng mga tao ang mga personal na interes gaya ng kasikatan, pakinabang, at katayuan, hindi nila namamalayang nagiging kasangkapan na pala sila ni Satanas, nagagamit na sila ni Satanas, at, higit pa rito, nagiging kinatawan na sila ni Satanas. Isang negatibong papel ang ginagampanan nila sa iglesia; sa gawain ng iglesia, at sa normal na buhay iglesia at normal na paghahangad ng mga taong hinirang ng Diyos, ang epekto nila ay ang mang-abala at maminsala; mayroon silang masama at negatibong epekto. Kapag hinahangad ng isang tao ang katotohanan, nagagawa niyang isaalang-alang ang mga layunin ng Diyos at ang pasanin ng Diyos. Kapag ginagawa niya ang kanyang tungkulin, itinataguyod niya ang gawain ng iglesia sa lahat ng aspekto. Nagagawa niyang dakilain ang Diyos at magpatotoo sa Diyos, pakinabang ang dulot niya sa mga kapatid, at sinusupportahan at tinutustusan niya ang mga ito, at nakakamit ng Diyos ang kaluwalhatian at patotoo, na nagdadala ng kahihyan kay Satanas. Bilang resulta ng kanyang paghahangad, nagkakamit ang Diyos ng isang nilikha na tunay ngang may kapabilidad na matakot sa Diyos at umiwas sa kasamaan, na nagagawang sambahin ang Diyos. Bilang resulta rin ng kanyang paghahangad, naisasakatuparan ang kalooban ng Diyos, at ang gawain ng Diyos ay umuunlad. Sa mga mata ng Diyos, positibo ang gayong paghahangad—ito ay matapat. Ang gayong paghahangad ay napakalaking pakinabang para sa mga hinirang ng Diyos, at lubos ding kapaki-pakinabang sa gawain ng iglesia, nakakatulong ito upang mapausad ang mga bagay-bagay, at sinasang-ayunan ito ng Diyos.

Ang susunod nating pagbabahagin ay tungkol sa mga interes ng Diyos, sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, at sa mga interes ng iglesia. Huwag muna nating pag-usapan sa ngayon kung may pagkakapare-pareho ba sa pagitan ng tatlong interes na ito, ibig sabihin, kapag pinag-uusapan ang tungkol sa isang interes, kung maitutumbas ba ito sa iba. Pag-usapan muna natin ang mga interes ng Diyos. Kababanggit Ko lang na kasama sa mga interes ng Diyos ang kaluwalhatian ng Diyos, patotoo ng Diyos, pangalan ng Diyos, at ang pinakamahalaga sa lahat, ang plano ng pamamahala ng Diyos at ang pagpapalaganap ng gawain ng Diyos, na pinakamalalaki at pinakamahahalagang bagay para sa Diyos. Sa ngayon, huwag nating banggitin ang kaluwalhatian ng Diyos, pangalan ng Diyos, at patotoo ng Diyos, na medyo malayo ang kaugnayan sa mga tao. Pag-usapan muna natin ang tungkol sa gawain ng Diyos. Anong gawain ang aktuwal na ginagawa ng Diyos? Ano ang nilalaman ng gawain ng Diyos? Ano ang kalikasan ng gawain ng Diyos? Ano ang idinudulot ng gawain ng Diyos sa sangkatauhan? Ano mismo ang epekto nito sa sangkatauhan? Pag-usapan muna natin ang mga bagay na ito. Kung gayon, ano nga ba mismo ang gawain ng Diyos? (Pagliligtas sa sangkatauhan.) Hindi maaaring magbago ang paksang ito, hindi maaaring magbago ang layon ng gawain, at iyan ay para iligtas ang sangkatauhan, na nasa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas at

lubos na ginawang tiwali ni Satanas. Ang gawaing ito ay para iligtas ang isang grupo ng mga tao na ginawang tiwali ni Satanas hanggang sa puntong ganap silang walang wangis ng tao, isang grupo ng mga tao na puno ng mga tiwaling disposisyon ni Satanas, at puno ng mga disposisyong lumalaban sa Diyos, para magbago sila nang sa gayon ay magkaroon sila ng wangis ng tao, at para maunawaan nila ang katotohanan, at maunawaan at maarok kung ano ang makatarungan at ano ang hindi makatarungan, at kung ano ang mga positibong bagay at ano ang mga negatibong bagay, at kung paano dapat mamuhay ang mga tao upang maisabuhay ang wangis ng mga tunay na tao, at kung anong posisyon ang dapat nilang panindigan upang nasa posisyon sila na paunang inorden ng Diyos para sa mga tao. Pangunahing nilalaman ito ng gawain ng Diyos, at alam ninyong lahat ang mga ito sa teoretikal na antas. Kung tunay ninyong nauunawaan ang layunin ng Diyos, dapat alam ninyo kung hinahatulan ba ng Diyos ang mga tao para kondenahin at lipulin sila, o para dalisayin at gawin silang perpekto, at kung hinahatulan at kinakastigo ba ng Diyos ang mga tao para itulak sila sa hukay ng apoy, o para iligtas sila at dalhin sila sa liwanag. Nakikita nating lahat na nagpapahayag ang Diyos ng napakaraming katotohanan, naglalantad ng iba't ibang tiwaling kalagayan ng mga tao, nagtutuwid ng mga paglihis ng mga tao sa pananalig at ng mga kuru-kuro nila tungkol sa pananalig, at inaakay Niya ang mga tao na maunawaan ang katotohanan at mamuhay ayon sa mga salita ng Diyos, at isabuhay ang wangis ng tunay na tao, at na may ilan nang natamong resulta sa mga hinirang ng Diyos. Inilalantad ng Diyos ang mayayabang na disposisyon ng mga tao at pinipigilan silang maging superhuman o mga dakilang tao, nagbibigay-daan sa kanila na maging mga tunay na nilikha at mga tao na may konsensiya at katwiran; inilalantad ng Diyos ang mapagpaimbabaw na diwa ng mga Pariseo, tinutulutan ang mga tao na makita ang mga mapagpaimbabaw na mukha ng mga Pariseo, at dinadala ang mga tao sa katotohanang realidad ng mga salita ng Diyos; inilalantad ng Diyos ang pagiging baligho ng tradisyonal na kultura at ang mga gapos na inilalagay nito sa mga tao at ang pinsalang idinudulot nito sa kanila, nang sa gayon ay makalaya ang mga tao sa mga gapos ng tradisyonal na kultura at matanggap nila ang katotohanan at mamuhay ayon sa mga salita ng Diyos.... Maaaring ibuod ang lahat ng ito nang ganito: Ang gawain ng Diyos sa pagliligtas ng mga tao ay para dalhin ang mga tao mula sa kalakaran ng masamang mundo pabalik sa sambahayan ng Diyos, at pagkatapos ay para masikhay silang turuan at pagkalooban ng katotohanan at buhay, para maunawaan nila at malaman kung ano ang mga tunay na prinsipyo ng sariling asal at kung paano dapat umasal ang mga tao, upang makatakas sila sa pinsalang ginagawa ng masasamang kalakaran ni Satanas at ng iba't ibang satanikong pilosopiya at satanikong lason sa mga tao. Mula sa simula hanggang sa kasalukuyan, nagsagawa ang Diyos ng lahat ng uri ng gawain, mula sa gawain Niya sa Kapanahunan ng Kautusan, hanggang sa gawain Niya sa Kapanahunan ng Biyaya, hanggang sa gawain ng paghatol na ginagawa Niya ngayon sa mga huling araw. Ngayong malinaw na sa inyo ang tatlong yugtong ito ng gawain ng Diyos, ano nga ba talaga ang kalikasan ng

gawain ng Diyos sa Kanyang 6,000-taong plano ng pamamahala? Paano ito dapat ilarawan? (Ito ang pinakamakatarungang gawain sa sangkatauhan.) Tama. Ang gawain ng Diyos ng pamamahala at pagliligtas sa sangkatauhan ay nagpapatuloy na sa loob ng 6,000 taon, at sa loob ng 6,000 taon na ito, walang kapagurang nagtitiis, naghihintay, at nagsasalita ang Diyos, inaakay ang sangkatauhan hanggang ngayon. Hindi sumusuko ang Diyos, at ang gawaing ito na ginagawa ng Diyos ay ang pinakamakatarungang gawain sa sangkatauhan. Kung titingnan ito mula sa kalikasan ng gawain ng Diyos, pinakamakatarungan ba at pinakalehitimo ang mga interes ng Diyos? (Oo.) Kung mapapangalagaan ang mga interes ng Diyos, ano ang mangyayari sa sangkatauhan? Makakapagpatuloy na mamuhay nang maayos ang sangkatauhan, maisasabuhay nila ang wangis ng mga tao, makakapamuhay sila sa loob ng mga batas ng lahat ng bagay na itinakda ng Diyos, at makakatamasa sila ng lahat ng ipinagkaloob ng Diyos sa sangkatauhan, at sa gayon ay magiging tunay na mga panginoon ang mga tao sa lahat ng bagay. Dapat ninyong makita na, sa huli, ang gawain ng pamamahala ng Diyos ay para sa lubos na ikabubuti ng mga interes ng mga tao. Kung gayon, hindi ba't ang gawain ng Diyos ng pagliligtas sa sangkatauhan ang pinakamakatarungang gawain sa sangkatauhan? Hindi ito maikakaila at walang duda—ito ang pinakamakatarungang gawain. Samakatwid, kung ang isang tao, para sa interes niya, ay aabot sa puntong makakapinsala siya sa mga interes ng sambahayan ng Diyos at makakahadlang siya sa pagpapalaganap ng gawain ng Diyos, anong klaseng tao ito? Malinaw na isa itong buktot na indibidwal at isang diyablo. Ang Diyos ay nagtutustos lamang sa sangkatauhan, nang hindi humihingi ng anumang kapalit. Habang ginagawa ng Diyos ang gawaing may pinakamalaking pakinabang sa sangkatauhan at isinasagawa ang pinakamakatarungang gawain, bukod sa hindi pinahahalagahan o pinasasalamatan ng mga tao ang Diyos at hindi nila iniisip na suklian ang Diyos, bagkus sa kabaligtaran ay ginagambala, ginugulo, at pinipinsala nila ang gawain ng Diyos at hinahangad ang personal nilang mga interes. Walang anumang konsensiya o katwiran ang ganitong mga tao. Karapat-dapat pa ba silang tawaging mga tao? Talagang mga diyablo at Satanas sila! Kahit na, sa kabila ng lahat ng ito, hindi maantig ng Diyos ang mga tao, mayroon pa ba silang puso? Wala, wala silang puso. Nangangahulugan ng kawalan ng konsensiya ang kawalan ng puso. Walang pakiramdam ng konsensiya ang ganitong mga tao. Kapag ang pagkatao ng isang tao ay walang konsensiya, hindi na siya tao, kundi isang hayop, isang diyablo, at isang Satanas. Napakalinaw nito. Para mailigtas ang mga tao, determinado ang Diyos na magbayad ng kahit anong halaga at gumagawa Siya nang walang kapaguran. Paano man magkamali ng pagkaunawa o magduda ang mga tao, palaging nagtitiyaga ang Diyos at patuloy na nagtutustos para sa mga tao, paulit-ulit na sinasabi sa kanila ang iba't ibang aspekto ng katotohanan, ipinapaunawa sa kanila nang paunti-unti, hinihikayat silang magnilay-nilay at magsuri, at ipinapaunawa at ipinapaarok sa kanila ang puso ng Diyos. At kapag naririnig ng mga tao ang mga salitang ito ng Diyos, naaantig at napapaluha sila. Ngunit pagtalikod nila, hindi lamang sila walang pagsasaalang-alang

sa mga layunin ng Diyos, kundi hinahangad pa rin nila ang kanilang sariling mga interes at ang mga pagpapala. Sabihin mo sa Akin, wala bang konsensiya at katwiran ang ganitong mga tao? Ano ang pinakamalaking kulang sa ganitong mga tao? Ang pinakamalaking kulang sa kanila ay konsensiya at katwiran; pinakakulang sila sa pagkatao. Tinitii ng Diyos ang lahat ng uri ng pasakit nang may labis na pagtitiyaga para gumawa at iligtas ang mga tao, ngunit nagkakamali pa rin ng pagkaunawa ang mga tao sa Diyos, palagi Siyang nilalabanan, palaging pinoprotektahan ang kanilang sariling mga interes nang walang malasakit para sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, at palaging nagnanais na mamuhay nang marangya, ngunit ayaw nilang mag-ambag sa kaluwalhatian ng Diyos—sa lahat ng ito, may natitira pa bang anumang pagkatao? Bagama’t malakas na nagpapahayag ng patotoo sa Diyos ang mga tao, sinasabi nila sa kaibuturan ng kanilang puso na: “Ito ang gawaing natapos ko, na nagtamo ng mga resulta. Nagsumikap din ako, nagbayad din ako ng halaga. Bakit hindi sa akin magpatotoo?” Palagi nilang gustong makibahagi sa kaluwalhatian at patotoo ng Diyos. Karapat-dapat ba ang mga tao sa mga bagay na ito? Ang salitang “kaluwalhatian” ay hindi nabibilang sa mga tao. Sa Diyos lang ang kaluwalhatian, sa Lumikha, at wala itong kinalaman sa mga nilikhang tao. Kahit magsumikap at makipagtulungan ang mga tao, nasa ilalim pa rin sila ng pamumuno ng gawain ng Banal na Espiritu. Kung walang gawain ng Banal na Espiritu, ano ang magagawa ng mga tao? Ang salitang “patotoo” ay hindi rin nabibilang sa mga tao. Maging ang pangngalang “patotoo” o ang pandiwang “magpatotoo,” ang mga salitang ito ay parehong walang kinalaman sa mga nilikhang tao. Tanging ang Lumikha ang karapat-dapat na patotohanan at karapat-dapat sa patotoo ng mga tao. Itinakda ito ng pagkakakilanlan, katayuan, at diwa ng Diyos, at ito rin ay dahil ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay nagmumula sa mga pagsisikap ng Diyos, at karapat-dapat na magkaroon nito ang Diyos. Talagang limitado ang magagawa ng mga tao, at bunga ng kaliwanagan, pamumuno, at patnubay ng Banal na Espiritu ang lahat ng ito. Tungkol sa kalikasan ng tao, nagiging mayabang ang mga tao kapag nakakaunawa na sila ng ilang katotohanan at nakakagawa na ng kaunting gawain. Kung wala sa kanila ang paghatol at pagkastigo mula sa Diyos, walang sinuman ang makakapagtamo ng pagpapasakop sa Diyos at makakapagpatotoo sa Kanya. Bilang resulta sa paunang pag-oorden ng Diyos, puwedeng mayroong ilang kaloob o espesyal na talento ang mga tao, natuto ng isang propesyon o ilang kasanayan, o mayroong kaunting katalinuhan, at kaya nagiging sobrang yabang nila, at palaging nagnanais na magbahagi ang Diyos ng Kanyang kaluwalhatian at patotoo sa kanila. Hindi ba’t hindi ito makatwiran? Ito ay labis-labis na hindi makatwiran. Ipinapakita nito na nakatayo sila sa maling posisyon. Itinuturing nila ang sarili nila hindi bilang mga tao, kundi bilang isang natatanging uri, bilang mga superhuman. Walang kamalayan sa sarili ang mga tao na hindi alam ang sarili nilang pagkakakilanlan, diwa, at kung saang posisyon sila dapat lumugar. Hindi nagmumula sa pagpapakababa ang pagpapakumbaba ng mga tao—mapagpakumbaba at hamak na ang mga tao sa simula pa lang. Nagmumula sa pagpapakababa ang pagpapakumbaba

ng Diyos. Pagtataas sa kanila ang pagsasabing ang mga tao ay mapagpakumbaba—sa katunayan, sila ay hamak. Palaging gustong makipagkompetensiya ng mga tao para sa kasikatan, pakinabang, at katayuan, at na makipagkompetensiya sa Diyos para sa mga hinirang Niya. Sa ganitong paraan, ginagampanan nila ang papel ni Satanas, at kalikasan ito ni Satanas. Tunay silang mga inapo ni Satanas, nang walang katiting na bahid ng pagkakaiba. Ipagpalagay na binibigyan ng Diyos ang mga tao ng kaunting awtoridad at kapangyarihan, at ipagpalagay na kaya nilang magpakita ng mga tanda at kababalaghan at gumawa ng ilang pambihirang bagay, at ipagpalagay natin na ginagawa nila ang lahat ayon sa mga hinihingi ng Diyos at ginagawa ito ayon sa bawat detalye. Ngunit kaya ba nilang higitan ang Diyos? Hindi, kailanman ay hindi. Hindi ba't mas higit kaysa sa mga tao ang mga abilidad ni Satanas, ang arkanghel? Palagi nitong gustong higitan ang Diyos, ngunit ano ang huling resulta? Sa huli, kailangan nitong bumaba sa walang hanggang hukay. Magiging sagisag ng katarungan magpakailanman ang Diyos, samantalang magiging sagisag ng kabuktutan si Satanas, ang diyablo, ang arkanghel, at ang kinatawan ng mga puwersa ng kabuktutan. Magiging makatarungan ang Diyos magpakailanman, at hindi mababago ang katunayang ito. Ito ang katangitangi at kamangha-manghang parte ng Diyos. Kahit na makamit ng mga tao ang lahat ng katotohanan ng Diyos mula sa Kanya, sila ay mga munting nilikha lamang at hindi nila mahihigitan ang Diyos. Ito ang kaibahan sa pagitan ng sangkatauhan at ng Diyos. Maaari lang umiral ang mga tao nang maayos sa loob ng lahat ng panuntunan at batas na itinakda ng Diyos, at maaari lang nilang pamahalaan ang lahat ng nilikha ng Diyos sa loob ng mga panuntunan at batas na ito. Hindi kaya ng mga tao na lumikha ng anumang buhay na bagay, at hindi rin nila kayang baguhin ang kapalaran ng sangkatauhan—ito ay isang katunayan. Ano ang ipinapahiwatig ng katunayang ito? Ipinapahiwatig nito na gaano man kalaki ang awtoridad at abilidad na ibinibigay ng Diyos sa sangkatauhan, sa huli ay walang sinuman ang makahihigit sa awtoridad ng Diyos. Gaano man karaming taon o henerasyon, o gaano man karaming tao, maaari lamang mamuhay ang mga tao sa ilalim ng awtoridad at kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos. Isa itong katunayang hindi mababago kailanman, isang katunayang hinding-hindi magbabago magpakailanman!

Ano ang nararamdaman ninyo pagkatapos marinig ang mga bagay na ito? Sinasabi ng ilang tao: “Iniisip ko noon ang mga bagay na ito sa kamalayan ko, pero hindi namamalayang naramdaman ko na lumalago na ang aking mga abilidad. Habang tumatanda ako, umaabot din sa hustong gulang ang kaisipan ko, at naiisip ko ang maraming isyu nang mas komprehensibo, at habang nakikinig ako ng mas maraming salita ng Diyos, nauunawaan ko ang ilan sa mga layunin Niya, kaya naramdaman ko na malakas ako at hindi ko na kailangan pa ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos. Nang hindi namamalayan, naramdaman kong kaya ko na at natamo ko na ang Diyos.” Mabuting pakiramdam ba ito? (Hindi.) Bakit hindi ito mabuti? Hindi ito isang mabuting tanda. Kung gayon, ano ang isang mabuting tanda? Habang tumatagal ang buhay ng mga tao, lalo nilang nararamdaman na, “Ang mga tao ay parang alikabok, at mas mababa pa sila

kaysa sa mga langgam. Gaano man kalakas o kakagalang-galang ang mga tao, o gaano man karaming doktrina ang nauunawaan nila, o gaano man masasabing nasa hustong gulang na ang kaisipan nila, hindi nila kayang lampasan ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos.” Habang tumatagal ang buhay ng mga tao, lalo nilang nararamdaman ang kadakilaan ng awtoridad ng Diyos at ang pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng awtoridad ng Diyos. Habang tumatagal ang buhay ng mga tao, lalo nilang nararamdaman ang kawalang-kabuluhan ng mga tao. Habang tumatagal ang buhay nila, lalo nilang nararamdaman ang pagiging di-maarok ng Diyos. Normal lang ang gayong kalagayan ng pag-iisip. May ganito ba kayong kalagayan ngayon? Wala pa, tama ba? Madalas pa rin kayong nasa gitna ng pakikibaka, nag-aalangan tungkol sa mga interes, at minsan ay nagpapakita pa nga ng maliliit na senyales, na nagsasabing, “Bakit hindi ibinabahagi ng Diyos sa akin ang kaunti sa Kanyang mga interes? Bakit hindi ako pinupuri ng Diyos? Bakit hindi gumagawa ng paraan ang Diyos para pahalagahan ako ng mga tao sa paligid ko, at para patotohanan nila ako? Nagbayad ako ng halaga at nagbigay ng mga ambag. Paano ako gagantimpalaan ng Diyos?” Madalas pa rin kayong nagugumon sa kahambugan, sa pagkakaroon ng mentalidad ng isang taong nasisiyahan sa sarili. Madalas ninyong hindi kilala kung sino kayo, at madalas ninyong nararamdaman na kayo ay may kapabilidad. Hindi normal ang sitwasyong ito. Hindi ito pag-usad sa buhay. Ano ang tawag dito? Mga tiwaling disposisyon na muli na namang tumitindi. Medyo mapagpakumbaba at tahimik lang ang ilang tao kapag wala pa silang anumang naiambag. Kapag gumawa sila ng mahalagang bagay at nagbigay sila ng ilang ambag, at naramdaman nilang may kapital na sila, kapag nakita nila ang mga tao sa paligid nila, napapaisip sila: “Bakit ba hindi ninyo ibinabalita ang mga naiambag ko? Nagpapatotoo kayong lahat sa pangalan at diwa ng Diyos, kaya, bakit hindi kayo magbigay ng pagpapakilala tungkol sa akin? Kahit na hindi na ninyo ako patotohanan, puwede naman kayong magbigay na lang ng pagpapakilala tungkol sa akin. Ako, si Sister Ganito-at-ganyan, ay nananampalataya sa Diyos sa loob ng 25 taon. Ako ay 45 taong gulang na ngayon, hindi pa kasal at walang asawa, at taos-puso at masigasig akong naghangad hanggang sa araw na ito. Dahil isa akong haligi ng iglesia, maraming beses akong naisama sa listahan ng mga pinaghahanap ng Komunistang pamahalaan ng Tsina, tinugis at nagtago ako sa iba’t ibang lugar, nagpalipat-lipat sa mahigit sampung probinsiya bago lumipat sa ibang bansa. Pagkatapos ng lahat ng iyon, patuloy akong nagserbisyo bilang superbisor ng mahalagang gawain ng sambahayan ng Diyos, kung kailan nagbigay ako ng maraming makabuluhang suhestiyon, ideya, at konsepto para sa ilang partikular na trabaho ng sambahayan ng Diyos, nang nagbibigay ng hindi matatawarang kontribusyon sa pagsulong ng gawain ng iglesia at sa pagpapalaganap ng ebanghelyo ng kaharian ng Diyos. Bakit hindi ninyo ako ipakilala nang ganoon? Bakit hindi ako binibigyan ng Diyos ng ilang sitwasyon at okasyon para maipakita ang mga talento ko, nang sa gayon ay malaman at makilala ako ng lahat? Bakit palagi tayong pinipigilan ng Diyos? Hindi tayo gaanong malaya sa sambahayan ng Diyos, hindi rin tayo gaanong panatag, malaya, o

masaya!” Gusto pa nga niyang maging panatag, malaya, at masaya. Paano ka namin mapapapanatag, mapapalaya, at mapapasaya? Sa pamamagitan ba ng paglalagay sa iyo sa pinakamataas na ranggo? Pagkatapos kang ilagay sa pinakamataas, sa pamamagitan ng pagpapakilala sa iyo: Sa mundo sa labas, isang kilalang doktor ang taong ito, na nanalo ng unang gantimpala para sa mga kilalang doktor ng bansa, at pagkaraan ay isinama ang pangalan niya sa “Encyclopedia ng mga Kilalang Doktor sa Mundo.” Marami siyang natapos na pananaliksik, at pagkapasok sa sambahayan ng Diyos, nagpatuloy siyang maging isang haligi at isang taong may talento, at ngayon, siya ay naging isang nakatataas na lider. Hindi ba’t magiging masaya siya kung gayon? Lisipin niya, “Isa akong taong may talento. Dati akong sikat, at pagkapasok ko sa sambahayan ng Diyos, sikat pa rin ako. Para akong gintong kumikinig kahit saan mo ilagay, at walang makakapigil sa kinang nito. Naririyang lang ang mga abilidad kong ito para makita ng lahat! Bagama’t hindi nagpapatotoo ang Diyos, ang mga katunayang ito ay naghahatid ng matunog na patotoo sa akin.” Ano ang tingin mo sa opinyong ito? Kung hindi mo kayang bitiwang paghahangad mo ng kasikatan at pakinabang kahit isang araw, kung gayon ay nakagapos ka pa rin sa kasikatan, pakinabang, at katayuan, at hindi ka tunay na magiging panatag at masaya. Hangga’t nakatali, nahihigpitan, at nakagapos ka sa mga kadena ng kasikatan at pakinabang, hindi ka makakausap sa paghahangad mo sa katotohanan, bagkus ay mananatili ka lamang sa kung nasaan ka. Maaaring magtanong ang ilang tao: “Babalik ba ako sa dati?” Ang totoo, hangga’t hindi ka umuusap, nananatili kang nakapako sa isang lugar o bumabalik sa dating lagay. Ipinapakita nito na ang kalikasang diwa mo ay ganito, at kahit gaano ka pa katagal na manampalataya sa Diyos, hindi ka kailanman makakausap, at kahit hanggang sa huli, maaaring makagawa ka pa rin ng napakaraming kasamaan. Masasabi nang may buong katiyakan na mabubunyag ka. Sa sandaling magkaroon ng tamang kapaligiran ang gayong tao, sa sandaling magkamit siya ng katayuan, ang ambisyon niya ay malalantad. Sa katunayan, kung wala ang kapaligiran at katayuan ito, wala ba siyang ambisyon? Magkakaroon pa rin siya nito. Ganito lang talaga siya at ganito lang ang diwa niya, at hindi mapipigilan ang ambisyon niya. Sa sandaling magkaroon siya ng tamang kapaligiran, bigla na lamang siyang “sasabog,” at walang mga pagpigil ang makakapigil sa kanya, at magsisimula siyang gumawa ng kasamaan, at lubusang malalantad ang kanyang pangit na mukha ng isang diyablo. Ito ay isang kaso ng pagkakabunyag. Dapat mong maunawaan ang salitang “ibunyag” sa ganitong paraan: Hindi nilayon ng Diyos na ibunyag ka, nilayon Niyang bigyan ka ng pagkakataon na magsagawa. Pero hindi mo nakikilala ang isang magandang pagkakataon kapag nakikita mo ito, at ipinangangalandakan mo ang iyong sarili. Hindi ba’t tama lang na ibunyag ka? Sarili mo itong desisyon. Hindi sa sinasadya kang ibunyag at itiwag ng Diyos. Mga motibo at ambisyon mo ang nagbunyag sa iyo. Sino pa ba ang puwede mong sisihin?

Sa mga usapin ng mga interes ng mga tao at mga interes ng Diyos, halos sapat na ba ang napagbahaginan natin tungkol sa katotohanan sa aspektong ito? Ano ang mga

personal na interes ng mga tao? Ito ay ang mga bagay na hinahangad ng mga tao, kabilang na ang kasikatan, pakinabang, at katayuan, ang ambisyon at pagnanais na makatanggap ng mga pagpapala, pati na rin ang banidad ng mga tao at pride, pamilya, mga kamag-anak, mga materyal na interes, at iba pa. Ang diwa ng mga interes ng mga tao ay makasarili at kasuklam-suklam, ito ay buktot at sataniko, salungat ito sa katotohanan, at ginagambala, ginugulo, at sinisira nito ang gawain ng sambahayan ng Diyos, samantalang ang mga interes ng Diyos ay ang pinakamakatarungang gawain ng pagliligtas sa sangkatauhan, at kinakatawan nito ang pagmamahal ng Diyos, gawain ng Diyos, at ang kabanalan at pagiging matuwid ng Diyos. Samakatwid, makatwiran ang Diyos sa pagtatanggol sa Kanyang mga interes. Ipinagtatanggol Niya ang isang makatarungang gawain. Hindi ito dahil makasarili Siya at nais Niyang ipagtanggol ang sarili Niyang dignidad. Ito ay makatarungan at lehitimo, at isa itong di-masukat na pakinabang para sa sangkatauhan na inililigtas ng Diyos. Sa pamamagitan lamang ng pagtatanggol ng Diyos sa Kanyang mga interes maaaring maligtas ang sangkatauhan bilang resulta, at makapagtamo ng mas malalaking pakinabang, makapagkamit ng katotohanan, ng daan, at ng buhay, at saka lamang maaaring maging tunay na mga nilikha ang mga tao, at makakapamuhay ayon sa lahat ng batas at panuntunan na itinatag ng Diyos, at makakapanirahan kasama ang lahat ng bagay na nilikha ng Diyos para sa kanila, at saka lamang makapagtamo ng kagalakan at isang tunay na magandang buhay ang sangkatauhan. Makatarungang gawain ba ang lahat ng ito na ginagawa ng Diyos? Lubos itong makatarungan! Ang gawain at ang pamamahalang ito ng Diyos, pati na ang lahat ng gawain sa iglesia na may kinalaman sa pagliligtas ng Diyos sa sangkatauhan—tulad ng pangangaral ng ebanghelyo, paggawa ng mga pelikula, pagsusulat ng mga artikulo ng patotoo, paggawa ng mga video, pagsasalin ng mga salita ng Diyos, at pagpapanatili ng normal na kaayusan ng buhay iglesia—mahalaga ang mga gawaing ito at dapat na matiyak. Mayroon din ng aspekto ng pagtitiyak sa buhay ng lahat ng hinirang ng Diyos na gumagawa ng mga tungkulin nila. Bagama't isa itong pinakabatayang gawain, kagaya ng mga pansuportang serbisyo, at tila wala itong masyadong kinalaman sa pangunahing gawain ng sambahayan ng Diyos, napakahalaga rin nito, at kinakailangang banggitin ito rito. Mga normal na bagay tulad ng pagkain, damit, tirahan, at transportasyon—ito ang ibinibigay ng Diyos para sa mga tao, at ang mga ito rin ang pinakalehitimong pisikal na pangangailangan na dapat taglayin ng mga taong may normal na pagkatao. Hindi ipagkakait ng Diyos sa mga tao ang mga pangangailangang ito, bagkus ay dapat Niyang ipagtanggol ang mga ito. Kung palagi mong guguluhin, gagambalain, at sisirain ang mga bagay na gustong ipagtanggol ng Diyos, kung palagi mong hahamakin ang mga bagay na ito, at palagi kang may mga kuru-kuro at opinyon tungkol sa mga ito, kung gayon ay tinututulan mo ang Diyos at kinokontra mo Siya. Kung hindi mo itinuturing na mahalaga ang gawain ng sambahayan ng Diyos at ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, at palagi mong gustong sirain ang mga ito, at palagi mong gustong magsanhi ng pagkawasak, o palagi mong gustong

makinabang mula sa mga ito, manloko, o manglustay, magagalit ba ang Diyos sa iyo? (Oo.) Ano ang mga kahihinatnan ng galit ng Diyos? (Parurusahan kami.) Tiyak iyan. Hindi ka patatawarin ng Diyos, talagang hindi! Dahil ang ginagawa mo ay gumigiba at sumisira sa gawain ng iglesia, at ito ay salungat sa gawain at mga interes ng sambahayan ng Diyos. Ito ay isang malaking kasamaan, ito ay pakikipagtunggali sa Diyos, at ito ay isang bagay na direktang sumasalungat sa disposisyon ng Diyos. Paanong hindi magagalit ang Diyos sa iyo? Kung ang ilang tao, dahil sa mahina ang kakayahan nila, ay hindi mahusay sa gawain nila at hindi sinasadyang nakakagawa ng mga bagay na nagsasanhi ng pagkagambala at kaguluhan, maaari itong mapatawad. Gayumpaman, kung dahil sa sarili mong mga personal na interes ay nasasangkot ka sa inggit at alitan at sadya kang gumagawa ng mga bagay na gumagambala, gumugulo, at sumisira sa gawain ng sambahayan ng Diyos, ito ay isang sadyang paglabag, at isa itong usapin ng pagsalungat sa disposisyon ng Diyos. Patatawarin ka ba ng Diyos? Ginagawa ng Diyos ang Kanyang 6,000-taong plano ng pamamahala, at inilalaan dito ang lahat ng Kanyang dugo ng puso. Kung may isang taong kumontra sa Diyos, sadyang pumipinsala sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, at sadyang naghahangad ng mga personal niyang interes at personal niyang katanyagan at katayuan kapalit ang pamiminsala sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, at hindi nag-aalinlangang sirain ang gawain ng iglesia, na nagsasanhi ng pagkahadlang at pagkasira sa gawain ng sambahayan ng Diyos, at gumagawa pa nga ng napakalaking materyal at pinansiyal na pinsala sa sambahayan ng Diyos, sa palagay ba ninyo ay dapat patawarin ang ganitong mga tao? (Hindi, hindi dapat.) Sinasabi ninyong lahat na hindi sila maaaring patawarin, kung gayon, galit ba ang Diyos sa gayong mga tao? Tiyak na galit Siya. Nakagawa ang Diyos ng napakalaking gawain ng pagpapahayag ng katotohanan at pagliligtas sa mga tao, at ibinuhos Niya ang lahat ng Kanyang dugo ng puso rito. Labis na sineseryoso ng Diyos ang pinakamakatarungang gawaing ito; ang lahat ng Kanyang dugo ng puso ay iginugol para sa mga taong ito na nais Niyang iligtas, ang lahat ng Kanyang mga ekspektasyon ay itinuon din sa mga taong ito, at ang mga huling resulta at kaluwalhatianang nais Niyang makamit mula sa Kanyang 6,000-taong plano ng pamamahala ay maisasakatuparan lahat para sa mga taong ito. Kung may isang tao na nakikipagtunggali laban sa Diyos, kumontra, gumugulo, o sumisira sa resulta ng gawaing ito, patatawarin ba siya ng Diyos? (Hindi.) Sumasalungat ba ito sa disposisyon ng Diyos? Kung palagi mong sinasabing sumusunod ka sa Diyos, naghahangad ng kaligtasan, tumatanggap sa pagsisiyasat at patnubay ng Diyos, at tumatanggap at nagpapasakop sa paghatol at pagkastigo ng Diyos, ngunit habang sinasabi mo ang mga salitang ito, ginagambala, ginugulo, at sinisira mo ang iba't ibang gawain ng iglesia, at dahil sa iyong panggugulo, paggambala, at pagsira, dahil sa iyong kapabayaang o pagpapabaya sa tungkulin, o dahil sa iyong mga makasariling pagnanais at alang-alang sa paghahangad sa sarili mong mga interes, ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, ang mga interes ng iglesia, at ang marami pang ibang aspekto ay napinsala, hanggang sa puntong lubhang nagulo at

nasira ang gawain ng sambahayan ng Diyos, paano, kung gayon, dapat timbangin ng Diyos ang iyong kalalabasan sa iyong aklat ng buhay? Paano ka dapat ilarawan? Sa totoo lang, dapat kang parusahan. Tinatawag itong pagtamo ng nararapat sa iyo. Ano ang nauunawaan ninyo ngayon? Ano ang mga interes ng mga tao? (Buktot ang mga ito.) Sa totoo lang, ang mga interes ng mga tao ay ang lahat ng kanilang maluhong pagnanais. Sa tuwirang salita, ang lahat ng ito ay mga tukso, ang mga ito ay kasinungalingan lahat, at ang mga ito ay mga pain lahat na ginagamit ni Satanas para tuksuhin ang mga tao. Ang paghahangad ng kasikatan, pakinabang, at katayuan, at paghahangad ng sariling mga interes—pakikipagtulungan ito kay Satanas sa paggawa ng kasamaan, at pagkontra ito sa Diyos. Para hadlangan ang gawain ng Diyos, naglalagay si Satanas ng iba't ibang kapaligiran para tuksuhin, guluhin, at ilihis ang mga tao, at para pigilan ang mga tao na sumunod sa Diyos, at para pigilan silang magpasakop sa Diyos. Sa halip, nakikipagtulungan sila kay Satanas at sinusunod ito, sadyang tumitindig para guluhin at sirain ang gawain ng Diyos. Gaano man magbahagi ang Diyos tungkol sa katotohanan, hindi pa rin sila natatauhan. Gaano man sila pungusan ng sambahayan ng Diyos, hindi pa rin nila tinatanggap ang katotohanan. Hindi talaga sila nagpapasakop sa Diyos, sa halip ay iginigiit nilang masunod ang kagustuhan nila at gawin ang mga bagay ayon sa nais nila. Bilang resulta, ginugulo at sinisira nila ang gawain ng iglesia, lubha silang nakakaapekto sa pag-usad ng iba't ibang gawain ng iglesia, at nagdudulot ng napakalaking pinsala sa buhay pagpasok ng mga hinirang ng Diyos. Napakalaki ng kasalanang ito, at tiyak na parurusahan ng Diyos ang gayong mga tao.

Sa ngayon, sa isipan ninyo, aling mga trabaho sa iglesia ang pinakamahalaga at kasama sa pagpapalawig ng plano ng pamamahala ng Diyos? (Pangangaral ng ebanghelyo.) Isang pangunahing trabaho ang gawain ng ebanghelyo. Ang gawain ng Diyos ay gawain ayon sa nakikita ng Diyos, ngunit para sa mga tao, tungkulin nila ito. Bukod sa gawain ng ebanghelyo, may mga gawain din ng paggawa ng pelikula, pagsasalin, gawain ng himno at iba't ibang gawaing nakabatay sa teksto. Sa panahon ngayon, karamihan sa mga taong gumagawa ng tungkulin nila nang full-time ay nakikibahagi sa mga aktibidad na nauugnay sa mga trabahong ito. Sabihin ninyo sa Akin, alin sa mga trabahong ito ang maaaring alisin? Sinasabi ng ilang tao, "Tungkol lang sa ilang nota ang musika, na sa tingin ko ay hindi mahalaga. Maipapakalat at maipapalaganap pa rin naman ang mga salita ng Diyos kahit wala ang lahat ng himig na iyon, at madadala pa rin ang mga tao sa harap ng Diyos." Tama bang sabihin iyon? (Hindi, mali ito.) Bakit mali ito? Magiging maayos ba ang iba't ibang uri ng paggawa ng video kung walang musika? (Hindi.) Bukod pa sa kailangan ito para sa pag-awit ng mga himno sa loob ng iglesia, ang lahat ng pelikula, music video, koro, at dula sa entablado, pati na ang mga video ng pagbasa ng mga salita ng Diyos at iba pa, ay nangangailangan din ng musika. Bagama't sa unang tingin, talagang tungkol sa mga nota lamang ang musika, sa sandaling marinig ng mga tao ang musikang ito, nagiging mas epektibo ito sa pagpapakalat ng mga salita ng Diyos, at maaari itong gumampan ng papel sa pagsusulong ng pagpapalaganap ng ebanghelyo,

kaya, hindi maaaring wala ito. Kahit na kaswal ka lang na nagsasalita rito at may musikang pansaliw, magiging iba ang epekto, hindi ba? Kaya, napakahalaga ng tungkuling ito. May ilang tao na nagsasabi: “Kung gayon, mahalaga ba ang ating gawaing pangvideo?” Sabihin ninyo sa Akin, mahalaga ba ang gawaing pangvideo? (Oo.) Halimbawa, ang malaking parte ng mga imaheng ginawa gamit ang teknolohiya ng mga special effect ay hindi maaaring palitan ng anumang hindi pa napoprosesong kuha ng video, at hindi rin ito maaaring makunan ng video—ito ay modernong sining. May mga nagsasabi: “Kahit ang sambahayan ng Diyos ay nagsasalita tungkol sa modernong sining. Hindi ba’t pagsabay ito sa panahon?” Paano ito matatawag na pagsabay sa panahon? Tinatawag itong paggamit kay Satanas para magserbisyo. Siyempre, hindi ito pagsasamantala sa mga kapatid para magserbisyo. Ang ibig Kong sabihin, kung matututo ka ng ilang teknikal at masining na propesyonal na kasanayan at gagamitin mo ang propesyonal na kaalamang ito sa gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo at pagpapakalat ng mga salita ng Diyos, kung gayon, kapaki-pakinabang ang natutunan mo. Kung matututunan mo ito, ito ay biyaya ng Diyos, at pagkatapos ay magagawa mo na ang kaugnay na tungkulin, at ikaw ay pagpapalain. Hindi ba’t isa itong pagpapala para sa iyo? (Oo.) Kaya, hindi mahalaga kung ano ang natutunan mo; ang mahalaga ay kung gagamitin mo ito para sa tungkulin mo. May ibang tao na nagsasabi: “Gumagawa kami ng mga gawaing nakabatay sa teksto, ngunit walang nakakakilala sa amin kahit kailan, walang nagbabanggit sa amin, at maraming tao ang hindi man lang nakakakita sa amin. Kami ay kapalit-palit naman.” Hindi ito malinaw na pagtingin sa usapin. Hindi ka nakikita ng mga tao, ngunit nakikita ka ng Diyos, sinisiyasat ka ng Diyos, ginagabayan ka ng Diyos, pinagpapala ka ng Diyos, bakit hindi mo ito nararamdaman? Mahalaga ba kung nakikita ka o binabanggit kayo o hindi ng mga tao? Aling katotohanan ang hindi ibinigay sa inyo? Aling mga sermon at pagbabahagi ang hindi ninyo nasalihan? Sa totoo lang, ang teknikal na nilalaman ng mga gawaing nakabatay sa teksto ay hindi masyadong mataas, at hindi kailangang palakasin nang husto ang mga propesyonal na aspekto. Gayumpaman, may isang bagay na hindi maaaring mawala. Dapat ninyong maunawaan ang katotohanan. Kung hindi ninyo nauunawaan ang katotohanan, wala kayong maisusulat na kahit ano. May kaalaman ka sa pagsulat, kaya maaari mong iayon sa pamantayan ang wika, ayusin ang wika, at maaari kang magtakda ng isang estruktura at ng mga ideya sa isang sulatin. Gayumpaman, ang estruktura mismo ay hindi ang artikulo. Kailangang mapuno ito ng nilalaman. Kung ano mismo ang dapat isulat bilang nilalaman, at kung paano mismo ito dapat isulat para makamit ang resulta ng pagpapatotoo sa Diyos—ito ang dapat ninyong pasukin. Kung mananatili lang kayo sa pundasyong ito, iyong pagpapatotoo sa mga salita ng Diyos at pagpapakalat ng yugtong ito ng gawain ng Diyos, kung gayon ay hindi kailanman lalago ang inyong tayog. Kung, bukod sa pagpapatotoo sa bagong gawain ng Diyos, pagkontra sa mga kuru-kuro ng mga tao, at pagbabahagi tungkol sa ilang katotohanan ng mga pangitain, magagawa din ninyong magbahagi tungkol sa ilang katotohanan tungkol sa buhay pagpasok, at gumamit ng ilang katunayan, mga kuwento,

at ilang pinong inilarawang detalye para ipahayag ang lahat ng iba't ibang kalagayan sa kaibuturan ng puso ng mga tao, nang sa gayon ay makilala ng mga tao ang katiwalian nila, at maunawaan nila kung ano ang mga hinihingi ng Diyos sa sangkatauhan at kung ano ang mga layunin ng Diyos, at upang higit pang makilala ang mga pinakakritikal na isyu—kung ano talaga ang katotohanan, kung ano ang landas na dapat tahakin ng mga tao, kung saan naroroon ang pagkakamali sa mga maling landas na tinatahak ng mga tao ngayon, kung anong uri ng mga tao ang hinihingi ng Diyos na maging ang sangkatauhan, at kung ano ang landas na hinihingi ng Diyos na tahakin ng mga tao—kung makakausad kayo nang dahan-dahan patungo rito, magiging lubos na kapaki-pakinabang ang tungkuling ginagawa ninyo. Ngunit ito ang mahirap na parte; ito ang pinakamahirap na bagay. Ang buhay pagpasok ng mga tao ay hindi nangyayari sa loob ng isa o dalawang araw. Sa maraming bagay, tumatagal ng isa o dalawang taon mula nang unang binanggit ang mga bagay na ito hanggang sa magkamit ng kamalayan ang isang tao tungkol sa mga bagay na ito. Tumatagal ng dalawa hanggang tatlong taon, o tatlo hanggang limang taon pa nga mula sa pagkakaroon ng malabong kamalayan tungo sa pagkakaroon ng malinaw na kamalayan, tumatagal ng dalawa o tatlong taon mula sa pagiging malinaw ng kamalayan ng isang tao tungo sa pagkatanto sa kalikasan ng bagay na ito, at pagkatapos ay tumatagal ng dalawa o tatlong taon pa para malaman ang kalubhaan ng problemang ito. Hanggang dito lamang ang mararating ng mga taong manhid at may mahinang kakayahan. Alam ng mga taong may mas mahusay na kakayahan at matalas na espiritu na aktibong hanapin kung ano ang katotohanan, na tumatagal pa ng dalawa o tatlong taon.... Bago pa nila mamalayan, lumipas na ang buong buhay nila. Ganito kabagal ang buhay pagpasok! Higit na mabilis ang pag-unawa at paggunita ng mga tao sa katotohanan kaysa sa pagdanas at pag-arok dito. Ano ang ibig Kong sabihin dito? Ang ibig Kong sabihin, palaging mabagal ang pagdanas at pag-arok, dahil ito ay buhay, samantalang ang pag-unawa at paggunita ay kinakailangan lamang ang isipan. Ang mga tao na may matalas na memorya, mahusay na abilidad sa pag-unawa, may ilang kakayahan at kaunting pundasyon sa edukasyon ay mabilis na makakatamo ng mga bagay na ito. Ngunit pagkatapos makaunawa, nagkakaroon ba ng kaalaman ang isang tao? Hindi. Pagkatapos makaunawa, humihinto lang ang isang tao sa pag-alam kung tungkol saan ang bagay na ito, at wala nang iba pa, ngunit hindi pa rin sapat iyon kapag gumagawa ng aksiyon. Bakit hindi sapat? Kadalasan, ang doktrinang nauunawaan mo ay hindi magagamit o maiuugnay sa mga bagay na nangyayari sa iyo. Bilang resulta, pagkatapos mabigo nang maraming beses, magdusa ng maraming kawalan, gumawa ng ilang pasikot-sikot, at makatanggap ng maraming paghatol, pagkastingo, at pagpupungos, saka mo lang mauunawaan sa wakas ang katotohanan, at makapagsasagawa ka at mararanasan mo ang mga salita ng Diyos sa lahat ng iba't-ibang bagay na nangyayari sa iyo. Sa oras na iyon, napakaraming taon na ang lumipas na ang mukha mo ay maaaring puno na ng kulubot—hindi ba't napakabagal nito? Napakabagal ng pag-usad ng buhay ng mga tao, dahil ang katotohanang nauunawaan ng mga tao ay

may kinalaman sa kalikasang diwa ng mga tao, sa pag-iral ng mga tao, at sa mga bagay na ipinamumuhay ng mga tao, at kasama na rito ang pagbabago ng disposisyon ng isang tao pati na rin ang mga pagbabago sa kanyang buhay. Paanong napakadaling magbago ang iyong buhay tungo sa ibang buhay? Sa isang aspekto, kinakailangan nito ang gawain ng Diyos, at kasabay nito, kinakailangan din nito na aktibong makipagtulungan ang mga tao; dagdag pa roon, nariyan din ang mga pagsubok sa panlabas na kapaligiran, pati na ang iyong personal na paghahangad; dagdag pa rito, dapat mayroon kang sapat na kakayahan at kakayanan na umarok, at pagkatapos ay bibigyan ka ng Diyos ng karagdagang kaliwanagan at patnubay; higit pa roon, magpapataw ang Diyos ng ilang pagkastigo, paghatol, at pagpupungos sa iyo, at pupunahin ka ng iyong mga kapatid, at kailangan mo pa ring maghangad paitaas, upang maalis ang mga bagay na iyon na kay Satanas—at saka lamang unti-unting makakapasok ang mga positibong bagay na sa katotohanan. Sinasabi ng ilang tao na, “Kapag nauunawaan ng mga tao ang katotohanan, nagbabago ang buhay nila.” Tama ba o mali na sabihin ito? (Mali ito.) Bakit mali ito? Hindi katumbas ng pagkakaroon ng katotohanan ang pagkaunawa sa katotohanan, at kapag nauunawaan mo na ito, hindi pa rin ito ang buhay mo. Kapag narinig mo na ang katotohanan, naarok ito, at nauunawaan kung ano ang naririnig mo, gaano katagal itong mananatili sa puso mo? Maaaring pagkatapos ng isang buwan, ang mga salitang iyon na inakala mong pinakamahalaga noong panahong iyon ay ganap nang nawala, at kapag narinig mo ulit ang mga ito, pakiramdam mo ay parang hindi mo pa kailanman narinig ang mga ito. Gayumpaman, kung talagang nagtataglay ka ng tunay na tayog sa buhay, at mayroon ka nitong aspekto ng patotoong batay sa karanasan, kung gayon, hindi mo na kailangang paulit-ulit na pakinggan ang mga ito. Kung hindi mo taglay ang aspektong ito ng katotohanang realidad, dapat higit kang makinig, hanggang sa pumasok ka sa katotohanang realidad; kung hindi ka makikinig, unti-unting mababawasan at mawawala ang pagkaunawa mo hanggang sa ikaw ay maging katulad ng mga walang pananampalataya. Samakatwid, ang mga salita ng Diyos at ang katotohanan ay dapat na palaging pinakikinggan at binabasa. Hindi magiging sapat kung masyadong kaunti ang pagbasa o pakikinig sa mga ito. Lahat kayo ay may malalim na pagkatanto rito, tama ba? (Oo.) Minsan, pagkatapos ng hindi pagkanta ng mga himno o pagdarasal sa Diyos nang dalawa o tatlong araw, nakakaramdam ka ng kahungkagan sa puso mo at hindi mo maramdaman ang Diyos, kaya napapaisip ka kung saan ka pupunta para maglakad at magpaalwan. Bilang resulta, habang lalo kang nagpapaalwan, lalo kang nagiging hindi disiplinado, at kapag pumupunta ka sa iglesia para makipagbahaginan sa mga kapatid mo tungkol sa katotohanan, pakiramdam mo ay hindi ka sanay rito, at kapag nabanggit ang gawain ng iglesia, medyo hindi ka komportable. Sa loob lamang ng dalawa o tatlong araw, nagbago ka na at naging parang ibang tao ka, kaya pakiramdam mo ay hindi mo na kilala ang sarili mo. Paano nangyari ito? Huwag mong isipin na dahil marami ka nang napakinggang sermon, naging buhay mo na ang katotohanan, at natamo mo na ang katotohanan. Malayo ka pa roon! Huwag mong isipin na dahil lang

sa nakapagsulat ka ng isang artikulo ng patotoo o nagkaroon ng gayong karanasan, ikaw ay ligtas na. Wala ka pa roon! Isa lang iyong maliit na piraso sa iyong mahabang karanasan sa buhay. Ang pirasong ito ay maaaring isang panandaliang lagay ng loob lamang, isang panandaliang damdamin, isang panandaliang kahilingan o ambisyon, at wala nang iba pa. Isang araw, kapag ikaw ay mahina at nagbalik-tanaw ka at nakinig sa mga patotoong minsan mong ibinahagi, sa mga panunumpang minsan mong sinambit, at sa mga pagkaunawang minsan mong nakuha, magiging hindi pamilyar ang mga ito sa iyo, at sasabihin mo na, “Ako ba iyon? Ganoon ba kataas ang naging tayog ko? Bakit hindi ko alam? Siguradong hindi ako iyon, hindi ba?” Sa puntong ito, mapagtatanto mo na hindi pa rin nagbago ang iyong buhay. Ano ang ipinahihiwatig nito kung hindi pa nagbago ang iyong buhay? Ibig sabihin nito ay hindi pa rin nagbago ang iyong disposisyon. Ano ang mararamdaman mo kapag natuklasan mo na—sa kabila ng pagbigay mo ng mga patotoo at sa kabila ng inakala mo noon na mayroon ka nang malaking tayog—maaari ka pa ring maging negatibo tulad ngayon? Hindi ba’t iisipin mo na masyadong mahirap baguhin ang sariling disposisyon? Ang katotohanan ay hindi isang bagay na maaaring agad-agad ipanday sa mga tao. Kung talagang makakamit ng mga tao ang katotohanan bilang kanilang buhay, sila ay pagpapalain, at magbabago ang buhay nila. Hindi na sila magiging katulad ng kung ano sila ngayon, na madalas na nagbubunyag ng mga tiwaling disposisyon, bagkus ay magagawa nilang magpasakop nang lubos sa Diyos at magagawa nila nang tapat ang kanilang tungkulin, at sila ay ganap na magbabago.

Dahil masyadong tiwali ang sangkatauhan, ang pagtanggap sa katotohanan ay hindi madali, at dahil napakahalaga ng katotohanan, mas lalong mahirap para sa Diyos na gawin ang katotohanan sa mga tao. Napakahalaga at napakamakabuluhan para sa mga tao ang halaga at kahulugan ng katotohanan at ang lahat ng iba’t ibang aspekto ng katotohanan. Ngunit dahil lubhang nagawang tiwali ni Satanas ang mga tao at napakaraming bagay sa loob nila na kay Satanas, hindi ganoon kadalang itanim ang katotohanan sa mga tao upang maging buhay nila ito. Ibig bang sabihin nito ay hindi maitatanim ang katotohanan sa mga tao? Hindi, hindi ganoon. Maitatanim ito sa kanila, ngunit dapat magkaroon ang mga tao ng tamang saloobin at pananaw, at dapat sumunod sila sa tamang landas. Ang pagiging mahirap gawin ay hindi nangangahulugang hindi ito magagawa, gaya na lang ng unang dalawang yugto ng gawain ng Diyos, noong hindi pa ginawa ng Diyos ang gawain ng pagperpekto, hindi rin Niya ipinahayag ang mga katotohanang ito o sinabi ang mga salitang ito, ngunit nagawang perpekto ang ilang tao, at nakilala pa rin ng ilan ang Diyos. Kung titingnan ang katunayang ito, maaaring makamit at hindi imposibleng maitanim ang katotohanan sa mga tao, nakasalalay lamang ito sa kung hinahangad ng mga tao ang katotohanan. Kaya, paano dapat maghangad ang isang tao? Ang pinakasimpleng paraan ay ang basahin ang mga salita ng Diyos araw-araw, sauluhin ang mahahalagang salita ng Diyos, pagnilayan ang isang sipi ng mga salita ng Diyos araw-araw, at magdasal-magbasa at magbahagi tungkol sa mga salitang iyon nang paulit-ulit. Kapag nagawa mo nang magdasal-magbasa ng mga pananaw at kasabihang

ito—pati na ng mga saloobin ukol sa iba't ibang tao, pangyayari, at bagay—na nilalayong ituro sa iyo ng mga salita ng Diyos, para maunawaan mo ang mga ito at pumasok ang mga ito sa puso mo, kung gayon, bago mo pa ito mamalayan, ang mga positibong kaisipan at pananaw, at ang mga prinsipyo ng pagsasagawa ay maisasabuhay sa tuwing sumasapit sa iyo ang iba't ibang bagay. Hindi pa ninyo naabot ang antas na ito. Nabasa mo ba kung ano ang ginawa ni Job? Ano ang ginagawa ni Job habang nagpipiyesta ang mga anak niya? Lumapit siya sa Diyos para magdasal at mag-alay ng mga sakripisyo para sa mga anak niya. Hindi siya kailanman lumayo mula sa Diyos. Ibig sabihin, iwasan mo ang anumang bagay na maaaring magdulot ng paglayo ng puso mo mula sa Diyos; huwag magsabi ng anumang bagay na maaaring magdulot ng paglayo ng puso mo mula sa Diyos; iwasang tumingin sa mga bagay na maaaring magdulot sa iyo na lumayo ka mula sa Diyos o bumuo ng mga kuru-kuro o duda tungkol sa Kanya; huwag makipag-ugnayan sa mga taong maaaring magtulak sa iyo na maging negatibo, bulok, at mapagpalayaw sa sarili, o na maaaring magtulak sa iyo na magduda, lumaban, o lumayo mula sa Diyos, sa halip, layuan mo ang gayong mga tao; manatiling malapit sa sinumang maaari mong pagkunan ng magandang aral, tulong, at panustos; at huwag gumawa ng mga bagay na maaaring magtulak sa iyo na itaboy, ayawan, o kasuklaman ang katotohanan. Dapat mayroon kang ideya tungkol sa mga bagay na ito sa isipan mo. Huwag iraos lang ang buhay, iniisip na, “Wala akong pakialam kung gaano ako katagal mabubuhay, o kung ano ang patutunguhan ng buhay ko, hahayaan ko na lang ang lahat sa kalikasan at sa mga pamamatnugot ng Diyos.” Nagsaayos ang Diyos ng mga kapaligiran para sa iyo at binigyan ka Niya ng malayang kalooban na pumili, ngunit kung hindi ka makikipagtulungan, at palagi kang kusang makikipag-ugnayan sa mga taong mahilig sa mga makamundong bagay, at laging nagpapakasasa sa laman, at hindi tapat sa mga tungkulin nila, at iresponsable, at kung patuloy kang nakikihalubilo sa mga taong iyon, ano ang magiging resulta at kalalabasan? Kapag walang magawa ang mga taong iyon, nag-uusap sila tungkol sa kainan, inuman, at kasayahan, at madalas nagkukuwentuhan at nagtsitsismisan. Kung mahaharap ka sa gayong mga tukso at hindi ka iiwas sa mga ito at mahuhumaling ka pa nga sa mga bagay na ito at sadyang makikisama sa gayong mga tao, kung gayon, nanganganib ka, sapagkat napapaligiran ka ng tukso! Kapag nakikita ng matatalinong tao ang gayong tukso, lumalayo sila. Malinaw sa puso nila na, “Wala akong ganitong tayog, hindi ako makikinig, at ayaw ko rin silang bigyan ng pansin. Hindi naghahangad sa katotohanan o hindi nagmamahal sa katotohanan ang mga taong ito. Iiwas ako at maghahanap ako ng tahimik na lugar para basahin ang mga salita ng Diyos nang mag-isa, payapain ang puso ko at magninilay-nilay sandali, at lalapit ako sa Diyos.” Ang lahat ng prinsipyo at mga layong ito ay: Una, huwag lumayo mula sa mga salita ng Diyos; at ikalawa, huwag lumayo mula sa Diyos sa puso mo. Sa ganitong paraan, maaari kang palaging mamuhay sa harap ng Diyos batay sa pundasyon ng pagkaunawa sa kung ano ang katotohanan. Sa isang banda, poprotektahan ka ng Diyos mula sa pagkakalugmok sa tukso. Sa ibang banda,

pagpapalain ka ng Diyos nang sagana, bibigyan ka ng kakayahang maunawaan kung ano ang dapat mong gawin para maisagawa ang katotohanan, at magbibigay-daan para matanglawan at maliwanagan ka tungkol sa lahat ng iba't ibang katotohanan. Pagdating sa tungkulin mo, gagabayan ka ng Diyos na subukang hindi magkamali, na palaging magawa mo nang tama ang mga bagay-bagay, at para malaman mo ang mga prinsipyo. Sa ganitong paraan, hindi ba't mapoprotektahan ka? Siyempre, hindi ito ang pinakamalaki at panghuling layon. Kung gayon, ano ang panghuling layon? Ito ay na matuto ka ng mga aral mula sa iba't ibang tao, pangyayari, at bagay, maunawaan mo ang mga layunin ng Diyos, malaman mo ang gawain ng Diyos, at magsagawa ka ayon sa mga prinsipyong hinihingi ng Diyos. Sa ganitong paraan, ang buhay at tayog mo ay makakapagpatuloy na umusad sa halip na huminto. Kung palagi kang abala sa pag-aasikaso ng mga usapin at hindi ka nakatuon sa pagsasagawa ng katotohanan sa paggampan ng mga tungkulin mo at paglutas sa mga suliranin ng buhay pagpasok, hindi ka uusad sa buhay mo. Nakakamit ang buhay pagpasok sa pamamagitan ng paggampan ng tungkulin. Kung hihiwalay ang isang tao sa paggampan ng tungkulin at sa mga salita ng Diyos, hindi magkakaroon ng pag-usad sa buhay. Nakikita ng ilang tao ang iba na walang kabuluhang nag-uusap at kaya nakikisali sila at nakikialam, palaging nanghihimasok at mahilig sa tsismis—ayaw ng Diyos sa gayong mga tao. Anong klaseng mga tao ang gusto ng Diyos? Mga taong kayang payapain ang puso nila. Payapain ang sarili nila para gawin ang ano? Para maging isang papet na walang iniisip? Hindi, kundi para manalangin nang payapa sa harap ng Diyos, hangarin ang mga layunin ng Diyos, hilingin sa Diyos na protektahan ka, at bigyan ka ng kaliwanagan. Gayundin, para hangarin na mabigyan ng kaliwanagan at tanglaw tungkol sa ilang aspekto ng katotohanan na hindi mo nauunawaan nang sa gayon ay magkamit ng pagkaunawa at kalinawan sa aspektong ito ng katotohanan, o para hangarin na malutas ang alinmang aspekto ng gawain mo na puno ng mga problema, at matamo ang paggabay ng Diyos. Napakaraming gampanin na kailangang isagawa at bagay na kailangang gawin kapag ang isang tao ay payapa sa harap ng Diyos. Hindi ito isang kaso na lalapit sa Diyos nang basta-basta kapag wala kang ginagawa at sasabihing, “O Diyos, nandito po ako, nasa puso Kita, samahan Mo ako, huwag Mo akong hayaang mahulog sa tukso!” Kung wala sa loob mo ang iyong ginagawa gaya nito at kaswal ka lang sa Diyos, hindi ka isang tunay na mananampalataya, at hindi ipagkakaloob ng Diyos ang katotohanan sa ganitong mga tao. Ano ang dapat munang taglayin ng mga tao upang ipagkaloob sa kanila ng Diyos ang katotohanan? Dapat mayroon silang pusong nagugutom at nauuhaw sa katuwiran, isang sinserong puso. Ano ang kinakatawan nito kung ang puso mo ay sinsero? Kumakatawan ito na talagang mahal mo ang katotohanan. Kung palagi kang kaswal lang sa Diyos at hindi ka talaga sinsero, at palagi mong gustong gumawa ng sarili mong mga desisyon sa lahat ng bagay, at palagi mong gustong lumapit sa Diyos nang basta-basta, bumati, at pagkatapos ay kontrolin at gawin ang mga bagay-bagay nang mag-isa, kung gayon, kahit na iniatas sa iyo ng Diyos ang gawain Niya, hahantong ka na walang kinalaman sa Diyos o

sa katotohanan. Ano ang tawag dito? Tinatawag itong paglaban sa Diyos at pagsasagawa ng sarili mong proyekto. Liliwanagan ka ba ng Diyos sa ganitong paraan? Hindi. Naiintindihan na ba ninyong lahat ang paraan para mahangad at maunawaan ang katotohanan? Dapat kang lumapit sa Diyos nang madalas, payapain mo ang puso mo para hanapin ang katotohanan at manalangin sa Diyos, at dapat matuto kang payapain ang sarili mo. Ang pagpapayapa sa sarili mo ay hindi nangangahulugang walang laman ang isipan mo, kundi ito ay pagkakaroon ng mga kahilingan, kaisipan, at pasanin sa puso mo, paglapit sa Diyos nang may sinsero at nananabik na puso, may pananabik sa katotohanan at sa mga layunin ng Diyos, at pagdadala ng pasanin para sa tungkuling ginagampanan mo at para sa gawaing ginagawa mo—ito ang dapat mong taglayin kapag lumalapit ka sa Diyos at pinapayapa mo ang sarili mo.

Katatapos Ko lang ibahagi na ang lahat ng gawain ng iglesia ay direktang nauugnay sa gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo ng kaharian ng Diyos. Sa partikular, ang gawain ng pangangaral ng ebanghelyo at ang lahat ng trabaho na may kaugnayan sa mga propesyon ay may mahalaga at di-mapaghihiwalay na koneksyon sa gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo. Kaya, ang anumang may kinalaman sa gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo ay may kinalaman sa mga interes ng Diyos at sa mga interes ng sambahayan ng Diyos. Kung tama ang pagkaunawa ng mga tao sa gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo, dapat tama ang pagharap nila sa mga tungkuling ginagawa nila at sa mga tungkuling ginagawa ng iba. Ano ang tamang paraan para harapin ang mga ito? Gawin ang makakaya mo at gawin ang mga ito ayon sa mga hinihingi ng Diyos. Sa pinakamaliit na batayan, huwag makilahok sa mga pag-uugali at pagsasagawa na sadyang nagdudulot ng pinsala o kaguluhan, at huwag sadyang gumawa ng mga bagay na alam mong mali. Kung iginigiit ng isang tao na gawin ang isang bagay kahit na alam niyang nakakagambala at nakakagulo ito sa gawain ng iglesia, at walang makakapigil sa kanya rito, kung gayon, gumagawa siya ng kasamaan, naghahanap ng kamatayan, at nagpapakita ng tunay niyang kulay bilang isang diyablo. Bilisan at ipakilatis mo ang taong ito sa mga kapatid kung ano talaga siya, at pagkatapos ay paalisin ang masamang taong ito sa iglesia. Kung ang isang tao ay nakagawa ng masama dahil sa isang sandali ng kahangalan at hindi sadyang gumagawa ng kasamaan, paano dapat tratuhin ang ganoong sitwasyon? Dapat bang turuan at tulungan ang tao? Paano naman kung tinuruan siya at hindi pa rin nakikinig? Nagsasama-sama ang mga kapatid para punahin siya. Paano kung ang tao ay mahusay sa trabaho niya pero hindi niya ginagawa ang lahat ng makakaya niya para gawin ito, pero sa kasalukuyan ay walang ibang puwedeng pumalit sa kanya, at gusto pa rin ng lahat na siya ang gumawa nito? Nagsasama-sama ang lahat para pungusan ang tao at balaan siya, “Itinaas ka ng Diyos at hiniling Niya sa iyo na gawin ang tungkuling ito. Kung hindi mo gagawin ang lahat ng iyong makakaya, at patuloy kang magdudulot ng kaguluhan, at tatalikuran mong muli ang gawain mo, kung gayon ay malinaw na wala kang konsensiya at hindi ka angkop na gumawa ng tungkulin mo.” Maganda ba ang ganitong paraan o hindi? Kung

may taong puwedeng pumalit sa kanya, pakawalan siya. Maglalakas-loob ba kayong gawin iyon? Karamihan sa mga tao ay hindi maglalakas-loob. Pagdating sa pagtatanggol sa gawain ng iglesia, maraming tao ang hindi naglalakas-loob na tumayo at magtaguyod sa katarungan. Hindi ba't isa itong kaso ng hindi paglalakas-loob na sumunod sa katotohanan? Nagbubulag-bulagan ang ilang tao at wala silang pakialam kapag nakikita nila na nagagambala o nagugulo ang gawain ng iglesia, na para bang wala itong kinalaman sa kanila, at ang saloobin nila ay ang magbulag-bulagan dito. Ngunit kung may isang tao na bumabatikos sa kanila sa pamamagitan ng pagsasabing hindi sila dapat maging ganito, o nanghahamak sa kanila o nangmamaliit sa kanila, naiirita sila at iniisip nila: "Sino ka ba sa inaakala mo? Sino ka ba para batikusin ako? Sino ka ba para maliitin ako? Kailangang pag-usapan natin ang bagay na ito." Masyado nilang dinidibdib at siniseryoso ang usaping ito, at hindi nila magawang hindi magsalita at ipahayag ang paninindigan nila. Wala silang naramdaman noong nahadlangan, nagulo, at nasira ang gawain ng iglesia, bagkus ay nagbulag-bulagan sila rito. Anong klaseng mga tao ito? (Makasarili at kasuklam-suklam na mga tao.) Pagiging makasarili ba ito at kasuklam-suklam lang? Napakaseryoso ng problemang ito na hindi ito maibubuod sa isang pangungusap lang. Maaari lamang sabihin na ang gayong mga tao ay walang pagkatao at talagang hindi mabubuting tao. Sa katunayan, ito ang ginagawa ng mga anticristo, at siyempre, kasama rito ang mga huwad na lider. Walang ideya ang mga anticristo kung ano ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Kapag nahahadlangan ang gawain ng iglesia, hindi nila ito nakikita. Nagdudulot ang ilang tao ng malubhang kaguluhan sa pamamagitan ng panggugulo sa gawain ng iglesia, ngunit kapag nakita ito ng mga anticristo, hindi nila ito sineseryoso. Minamaliit nila ito at bahagyang pinagagalitan ang maysala gamit ang ilang simpleng komento, saglit siyang hinihikayat at wala nang iba pa, nang walang kahit katiting na galit. May pagpapahalaga ba sa katarungan ang mga taong ito? Anong klaseng mga tao ito? Ang ganitong mga tao ay kumakagat sa kamay na nagpapakain sa kanila—sila ay mga traydor! Sila ay mga basura!

Katatapos Ko lang magbigay ng pangkalahatang ideya sa kung ano ang mga interes ng mga tao, kung ano ang diwa ng mga interes ng mga tao, kung bakit hinahangad ng mga tao ang mga pansariling interes, kung ano ang kalikasan ng paghahangad ng mga tao sa mga pansariling interes, at kung ano rin ang kalikasan ng mga interes ng Diyos, at kung paano binibigyang-depinisyon ang mga ito. Ang mga interes ng Diyos ang pinakamakatarungang layunin at dapat na ituring na ganoon. Talagang lubos na hindi makasarili para sa Diyos na ipagtanggol ang mga interes Niya, at hindi rin ito para lang ipagtanggol ang dignidad at kaluwalhatian Niya. Sa halip, nais Niyang ipagtanggol ang pagsulong at mga resulta ng gawain Niya, at ipagtanggol ang isang makatarungang layunin. Isa itong napakamakatarungan at napakalehitimong pag-uugali at paraan ng pagkilos, at isa itong gawa ng Diyos. Hindi dapat magkimkim ang mga nilikhang tao ng anumang mga kuru-kuro tungkol sa gawang ito ng Diyos, lalo na ang magkimkim ng anumang mga akusasyon o panghuhusga. Masasabi ba natin na ang mga interes ng

Diyos ay nakahihigit sa lahat? (Oo.) Makasarili bang sabihin ito? (Hindi.) Nauunawaan ng mga tao ang aspektong ito ng katotohanan, at sa batayang ito, may katotohanan ang pahayag na ito. Hindi ito sadyang may kinikilingan, walang pinapanigan at lehitimo ito. “Hindi nila kailanman isinasaalang-alang ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, at ipinagkakanulo pa nga ang mga interes na iyon, ipinagpapalit ang mga iyon para sa kanilang personal na kaluwalhatian”—ito ang diwa ng mga anticristo. Ganito ang kalikasan ng saloobin at pagharap nila sa mga interes, at hindi nila kailanman isinasaalang-alang ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Ano ang ibig sabihin ng “hindi kailanman”? Ibig sabihin, hindi nila iniisip ang tungkol sa mga interes ng Diyos kahit kaunti, wala rin silang ganoong konsepto, isinasaalang-alang lamang nila ang pansariling mga interes—iyon ang ibig sabihin nito. Gaano ba ito kaseryoso? Ipinagkakanulo ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, ipinagpapalit ang mga ito para sa personal na kaluwalhatian at mga pansariling interes. Ang kanilang mga interes ay ang pinakamahalaga at maaaring pumalit sa mga interes ng Diyos. Lalaban sila para sa mga interes nila gaano pa man ito kabuktot, kailehitimo, o kanegatibo, at para makuha at maipaglaban ang mga interes nila ay handa silang isakripisyo ang sinuman, anuman ang halagang kapalit. Anong uri ng pag-uugali ito? (Pag-uugali ng mga anticristo.) Ang pag-uugali ng mga anticristo—ito ang ginagawa ni Satanas. Nangingibabaw si Satanas sa sangkatauhang ito, nangingibabaw sa isang bansa, nangingibabaw ito sa isang lahi, at handang magsakripisyo ng gaano man karaming buhay kapalit ng katatagan ng kapamahalaan nito. Ano ang mga interes nito? Kapangyarihan at isang posisyon ng pangingibabaw. Kung gayon, paano ito nagkakamit ng isang posisyon ng pangingibabaw at paano nito pinatatatag ang pangingibabaw na ito? (Sa anumang halaga.) Sa anumang halaga. Ibig sabihin, wala itong pakialam kung ang mga kaugalian at pamamaraan nito ay mukhang lehitimo o ilehitimo sa publiko, at ginagamit nito ang lahat mula sa pagpatay at panunupil, hanggang sa malambot at matigas na mga taktika, pamimilit at pang-aakit, at aabot pa nga ito sa pagsasakripisyo ng buhay ng sinuman o ng gaano man karaming buhay kapalit ng katatagan ng posisyon nito at ng kapangyarihan sa mga kamay nito—ito ang pag-uugali ni Satanas. Ginagawa ng mga anticristo ang mga bagay-bagay sa ganito ring paraan.

Naaayon ba sa panlasa ninyo ang mga salitang ito sa pagbabahaginan natin ngayong araw? (Marami akong natutunan pagkatapos makinig ngayon, at sa partikular, labis na nakapagpaantig sa akin ang paghihimay-himay sa kaalaman at mga intelektuwal. Noon, hindi ako masyadong sang-ayon sa ideya na ang mga intelektuwal ay walang espirituwal na pang-unawa, ngunit sa panahong ito, sa pamamagitan ng paghihimay-himay ng Diyos sa kaalaman, unti-unti kong naikukumpara at nakikita na, sa maraming pagkakataon, ako mismo ay hindi makaarok ng mga salita ng Diyos, hindi ko nauunawaan ang mga ito kapag naririnig ko ang mga ito, at kapag tinitingnan ko ang mga tao at pangyayari, tinitingnan at sinusuri ko sila mula sa intelektuwal na pananaw, na humahantong sa baluktot na pagkaunawa—kawalan ito ng espirituwal na pang-unawa. Ngayon, mas malinaw ko nang nakikita ang diwa ng mga intelektuwal.) Sa pakikipag-usap

tungkol sa mga intelektuwal ngayon, talagang wala Akong pinupuntirya na sinumang tao, pero kung maihahambing ninyo ang inyong sarili sa Aking mga salita, mabuting bagay iyon, at may pag-asa na maaari kayong magbago at makapasok. Dapat masigasig kayong maghangad, mula sa punto ng hindi pagkaunawa o pagkaarok sa katotohanan, hanggang sa unti-unting umabot sa punto kung saan nauunawaan ninyo ang ilang simple, hiwalay, at di-gaanong malalim na katotohanan nang sunod-sunod, nang sa gayon ay ang katotohanan ang nauunawaan ninyo sa halip na mga salita at doktrina. Sa ganitong paraan, unti-unti, magkakaroon ka ng espirituwal na pang-unawa. Kung pinagbubulay-bulayan mo ang mga bagay-bagay sa pamamagitan ng pagtuon sa katotohanan at realidad, unti-unti mong mauunawaan ang katotohanan; kung palagi mong susuriin ang mga bagay-bagay sa pamamagitan ng pagtuon sa doktrina, paggamit ng lohika at ng iyong isipan, kung gayon, doktrina o teorya lang ang mauunawaan mo, na hindi kailanman magiging ang katotohanan, at hindi ka kailanman lalampas sa pundasyon ng doktrina. Hindi ba't totoo ito? (Oo.) Sinasabi ng ilang tao na, "Bakit hindi ko maunawaan ang ilan sa mga salita ng Diyos na binabasa ko? Bakit hindi ganoon kadali para sa mga tao na maunawaan at tanggapin ang mga ito kapag sinusukat gamit ang gramatika at batay sa estruktura ng sanaysay?" Paano ninyo maipapaliwanag ang problemang ito? Nauunawaan ba ninyo ito ngayon? Ipapaliwanag Ko sa inyo. Nagsasalita ang Diyos sa mga tao mula pa nang umiral ang sangkatauhan, at ang bawat salita at talatang sinasabi Niya ay isang pananalita lamang, sa halip na mga sanaysay. Habang nagsasalita Ako rito ngayon, naglalahad ba Ako ng isang sanaysay, nagbibigay ng ulat, o nakikipag-usap lamang? (Nakikipag-usap.) Nakikipag-usap Ako sa inyo, nagsasabi ng katotohanan, at nagsasalita tungkol sa mga paksang kailangan ninyo. Nagsasalita Ako, hindi naghahatid ng isang sanaysay. Samakatwid, kailangang maunawaan ninyo kung ano ang isang sanaysay at kung ano ang pagsasalita—may mga pagkakaiba sa pagitan ng dalawa. Ang ilang elementong hinihingi ng sanaysay ay mga aspekto ng kaalaman na nagmumula sa sangkatauhan, at hindi kailangang sumunod ang Diyos sa kaalamang ito kapag nagsasalita. Kailangan lamang na simple at malinaw Siyang magsalita ng mga katotohanan na nais Niyang sabihin, at hangga't nauunawaan ng mga tao ang mga katotohanang naririnig nila, sapat na iyon, at hindi na kailangang gumamit pa ng mga bantas. Inimbento ng sangkatauhan ang mga bantas at sanaysay, at pati na ang gramatika at mga elementong hinihingi ng mga sanaysay. Nakapaloob lahat ang mga bagay na ito sa kategorya ng kaalaman, at hindi kailangang sumunod ang Diyos sa mga ito. Bukod pa rito, ang wika ay mula sa Diyos, at isa itong positibong bagay. Samakatwid, kahit ano pa ang sabihin ng Diyos, tama ito. Hindi mo na kailangang busisiin ang mga isyu nito sa gramatika, o ikumpara o himayin ang mga isyung panggramatika. Kailangan mo lang makaunawa sa isang partikular na parte, sa isang talata, at sa isang pangungusap, kung ano ang layunin ng Diyos, kung ano ang katotohanan, kung ano ang mga katotohanang prinsipyo na hinihingi ng Diyos sa mga tao, at kung ano ang landas ng pagsasagawa na sinasabi ng Diyos sa mga tao, at sapat

na iyon. Ito ang katwiran na dapat taglayin ng mga nilikha—ng mga tao. Hindi kailangang sumunod ang mga salita at kilos ng Diyos sa lahat ng kaugalian at balangkas na ito na binuo ng mga tao, at gayundin sa mga regulasyong ito at mga purong intelektuwal na bagay na likas sa kaalaman, na hindi kinakailangang sundin. Nagsabi ang Diyos ng maraming bagay, at kahit ano pa ang sabihin Niya, katotohanan ito. Habang mas nagbabasa ng mga salita ng Diyos ang mga taong may espirituwal na pang-unawa at mga taong may karanasan, mas lalo nilang nararamdaman na ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan. Kung ano ang katotohanang nakapaloob sa mga salitang ito ay isang bagay na kailangang alamin, hanapin, at danasin ng mga tao. Nagsasalita ang Diyos sa sangkatauhan—tandaan, ang ginagawa ng Diyos ay magsalita, at ang “pagsasalita” ay kilala sa kolokyal na termino bilang pakikipagkuwentuhan, o pakikipag-usap tungkol sa mga bagay-bagay. Anong diwa ang nakapaloob sa gustong sabihin ng Diyos dito? Ito ay ang mga layunin ng Diyos, ang katotohanan, at ang mga hinihingi ng Diyos sa mga tao—ito ang nilalaman. Ang kalikasan ng pagsasalita ay ang magsalita nang simple at malinaw sa paraang nagkukuwentuhan, puso sa puso, at harap-harapan, gumagamit minsan ng kolokyal na wika at diyalekto, at kung minsan ay ng ilang salitang pampanitikan. Para magsulat ng isang sanaysay, kailangan mong magkaroon ng pambungad sa unang talata, palawakin at ipaliwanag ang isyu sa gitna, at pagkatapos ay humantong sa sukdulan at wakas. Dapat itong isulat nang tumpak ayon sa pormat na ito upang maituring na isang sanaysay, at saka lang ito babasahin ng guro at bibigyan ng grado na katamtaman, magaling, o napakahusay. Maaari mo bang bigyan ng grado ang mga salita ng Diyos sa ganitong paraan? Ipagpalagay na sinabi mo na, “Maganda ang gawang ito, may mahusay na gramatika, sinasalita sa wikang maka-Diyos, at lubos na umaayon sa estruktura ng isang sanaysay; hindi gaanong mahusay ang gawang iyon, medyo magulo, at hindi gaanong maayos ang estruktura. Hindi gaanong wasto ang gramatika ng ilan sa mga salita, at may ilang salita pa nga na tila hindi nagagamit nang tama.” Tama bang basahin ang mga salita ng Diyos sa ganitong paraan? (Hindi.) Magiging baluktot kung babasahin ang mga ito sa ganitong paraan, at hindi mo kailanman makakamit ang katotohanan. Dapat kang matutong umarok sa nakatagong kahulugan ng mga salita ng Diyos upang makita kung ano ang hinihingi sa iyo ng Diyos at kung ano ang katotohanang nakapaloob sa mga salitang ito—iyon ang matalinong bagay na gagawin. Ni hindi mo nga alam kung paano tingnan ang mga bagay na ito, at patuloy mong sinasabi buong araw: “Bakit hindi man lang maituturing na mga sanaysay ang mga salita ng Diyos? Dapat maging katulad ng mga talumpati ang mga salita ng Diyos, at dapat magsalita ang Diyos sa sopistikadong wika.” Hindi Ko ginagawa iyon. Magiging masyado itong nakakapagod, at mapapagod kayo sa pakikinig, at mapapagod din ang taong nagsasalita. Isipin ninyo ang Diyos na nagsasalita sa langit, nagsasalita kay Job, kay Pedro, kay Moises at kay Jonas—hindi ba’t simple at malinaw ang mga salita ng Diyos? Talagang hindi mo makikita kung gaano kamangha-mangha, kahirap unawain, o kadakila ang mga ito, o kung gaano kahigpit ang pagkakaayos ng mga salita. Tingnan

ninyo noong tinukso ni Satanas si Job, sinabi ng Diyos kay Satanas na, “Iyo bang pinansin ang Aking lingkod na si Job, sapagkat walang gaya niya sa lupa, na sakdal at matuwid na lalaki, na natatakot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan?” (Job 1:8), at “Siya ay nasa iyong kamay; ingatan mo lamang ang kanyang buhay” (Job 2:6). Ang mga salita ng Diyos ay simple lang at maikli, at napakalinaw na naipaliwanag ang bagay na ito. Ito ang disposisyon at diwa ng Diyos. Hindi sadyang gumagamit ang Diyos ng nakalilitong mga pahiwatig, at ang kadakilaan Niya, pagiging ekstraordinaryo, pagiging marangal, awtoridad, at kapangyarihan ay hindi peke. Bakit Ko sinasabing hindi peke ang mga ito? Kapag kinakausap Niya ang isang tao, hindi Siya nagpapanggap, hindi nagbabalatkayo nang may isang matayog na imahe, o nagsasabi ng mga bagay na hindi kayang unawain ng mga tao—si Satanas ang gumagawa niyon, hindi gumagawa ang Diyos ng ganoong bagay—at dahil sinasabi ito ng Diyos, ipapaunawa Niya ito sa iyo. Kung isa kang bata, kakausapin ka Niya sa mga salitang nauunawaan ng mga bata. Kung may edad ka na, kakausapin ka Niya sa wika ng may edad na tao. Kung ikaw ay isang lalaki, kakausapin ka Niya sa wikang karaniwang ginagamit ng kalalakihan. Kung isa kang tiwaling tao, kakausapin ka Niya sa isang paraan at estruktura ng Kanyang wika na nauunawaan ng mga tiwaling tao. Nagsasalita ang Diyos sa maraming paraan. Minsan, nagbibiro Siya, minsan naman ay nagsasalita ng kabalintunaan, minsan ay sarkastiko Siya, minsan ay naghihimay-himay Siya, minsan ay mas mahigpit Siya, minsan ay mas malumanay Siya, minsan ay inaantig ka Niya, at minsan naman ay pinapagaan Niya ang loob mo matapos ka Niyang pungusan.... Ang lahat ng gawaing ito na ginagawa ng Diyos at ang mga katotohanang ito na ipinapahayag Niya ay hindi nakapirmi—ang mga ito ay naibabagay sa sitwasyon. Ang Diyos ay ang bukal ng buhay na tubig, at ang pinagmumulan ng katotohanan ay ang Diyos. Anuman ang sinasabi ng Diyos ay tama, may katotohanan dito, at hindi mahalaga kung sa anong paraan Niya ito sinasabi. Kung palaging may kuru-kuro ang isang tao tungkol sa mga paraan ng pagsasalita ng Diyos, sa estruktura ng Kanyang wika, at iba pa, at palagi niyang sinisiyasat at pinagdududahan ang mga ito, at palagi siyang nababagabag sa mga bagay na ito at nag-iisip, “Ang diyos na sinasampalatayanan ko ay parang hindi talaga diyos, bakit siya ganoon? Kaya, ayaw ko siyang tanggapin, magiging masyadong nakakahiya kung tatanggapin ko siya, mas mabuti pa kung mananampalataya ako kay Ganito-at-ganyan,” anong klaseng tao ito? (Isang hindi mananampalataya.) Isa itong hindi mananampalataya. Anong uri ng mga tao ang karamihan sa mga hindi mananampalataya? Mga taong walang espirituwal na pang-unawa. Kapag binabasa ng mga taong walang espirituwal na pang-unawa ang mga salita ng Diyos, sinisiyasat nila ang mga ito nang masinsinan, at ang resulta ay hindi pa rin nila lubos na maunawaan ang mga ito, kaya napapaisip sila, “Sapagkat ito ang tunay na daan, posible ba talagang magkamit ng mga pagpapala sa pamamagitan ng pananampalataya sa ganitong paraan? Napakaraming tao ang nananampalataya. Kung hindi ako mananampalataya, hindi ba’t mapupunta ako sa impiyerno?” Nagkikimkim pa nga sila ng maliliit na pakana. Hindi sila nagtataka, “Sinasabi nila na may katotohanan

sa mga salita ng Diyos, kung gayon, ano ang katotohanan? Bakit hindi ko pa ito nakikita? Dapat akong magbasa at makinig!” Isang araw, sa wakas ay “nauunawaan na nila ang naririnig nila” at iniisip nila na, “Ang mga ibinubunyag ng mga salitang ito ay ang totoong sitwasyon, ito ang katotohanan. Ngunit ang wika ay masyadong ordinaryo at pangkaraniwan, masyadong hindi kapansin-pansin, at maaaring hamakin at diskriminahan ng mga intelektuwal, at ituring bilang ang pinakaordinaryong usapan, at pangkaraniwan pa nga pagdating sa ilang salita, at ang ilang salita na ayaw gamitin ng mga nakatataas na intelektuwal sa industriya ng kaalaman ay sa katunayan, sinasalita mula sa bibig ng diyos—hindi talaga kapani-paniwala ito at hindi ito dapat ganoon, hindi ba?” Ano ang mga kahihinatnan ng palaging pagsisiyasat? Mararamdaman mo na mas mahusay ka kaysa sa Diyos, at na dapat maniwala sa iyo ang Diyos at itaas ka Niya. Hindi ba’t problema ito? Ang mga ito ay mga taong walang espirituwal na pang-unawa. Ang saloobin nila ukol sa Diyos ay ang laging pagkontra sa Diyos at pagsiyasat sa Kanya. Kasabay ng pagsisiyasat sa Diyos, nilalabanan nila Siya, at kasabay ng paglaban nila sa Kanya, iniisip nila na, “Mas mabuti nang hindi ka diyos, dahil masyado kang hamak, hindi ka katulad ng diyos. Kung ikaw ang diyos, hindi ako mapapanatag. Kung hahamakin at sisiyasatin kita, nang sinusuri ka hanggang sa puntong hindi ka na diyos, at wala nang mananampalataya sa iyo, magiging masaya ako, at kung maghahanap ako ng isang dakilang diyos na sasampalatayanan, mapapanatag ako.” Ang ganitong mga tao ay mga hindi mananampalataya. Walang espirituwal na pang-unawa ang karamihan sa mga hindi mananampalataya. Hindi nila kailanman mauunawaan o makakamit ang katotohanan mula sa mga pinakaordinaryong pagbigkas na ito ng Diyos. Paulit-ulit lang nilang sinisiyasat ang mga ito, hindi lang nabibigong makamit ang katotohanan, kundi sinisira din ang mahalagang usapin ng sarili nilang kaligtasan, at ibinubunyag din at itinitiwag nila ang sarili nila. Tapusin na natin dito ang pagbabahaginan ngayong araw. (Salamat sa Diyos!) Paalam!

Enero 17, 2020

**Ikasiyam na Aytem: Ginagawa Nila ang Kanilang
Tungkulin Para Lang Maging Tanyag Sila at
Maisakatuparan ang Kanilang Sariling mga Interes
at Ambisyon; Hindi Nila Kailanman Isinasaalang-alang
ang mga Interes ng Sambahayan ng Diyos,
at Ipinagkakanulo Pa nga ang mga Interes na Iyon,
Ipinagpapalit ang mga Iyon Para sa Kanilang
Personal na Kaluwalhatian (Ikalawang Bahagi)**

II. Ang mga Interes ng mga Anticristo

Ngayon, ipagpapatuloy natin ang pagbabahaginan tungkol sa ikasiyam na aytem sa mga pagpapamalas ng mga anticristo. Ang ikasiyam na aytem tungkol sa kanilang mga pagpapamalas ay ang sumusunod: Ginagawa nila ang kanilang tungkulin para lang maging tanyag sila at maisakatuparan ang kanilang sariling mga interes at ambisyon; hindi nila kailanman isinasaalang-alang ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, at ipinagkakanulo pa nga ang mga interes na iyon, ipinagpapalit ang mga iyon para sa kanilang personal na kaluwalhatian. Noong huli, nagbahaginan tayo tungkol sa isang maliit na parte nito, sinisimulan ang ating paksa at nagbahagi kung ano ang mga interes, na siyang unang punto. Para sa ikalawang punto, nagbahaginan tayo tungkol sa kung ano ang mga interes ng mga tao at kung ano ang diwa ng mga interes ng mga tao. Ang ikatlong punto na pinagbahaginan natin ay kung ano ang mga interes ng Diyos at kung ano ang diwa ng mga interes ng Diyos—ito ang halos laman ng tatlong puntong pinagbahaginan natin. Ang ating pinagbahaginan noong huli ay ang mga esensyal na konseptuwal na katotohanan, na nagbibigay ng depinisyon sa iba't ibang aspekto ng mga interes at nagbibigay ng pag-unawa sa mga tao tungkol sa mga pangunahing konsepto. Hindi na natin tatalakayin pang mabuti sa pagkakataong ito ang nabanggit na nilalaman, dahil ang paksang pagbabahaginan para sa ating ikasiyam na aytem ay naglalayong magbigay-diin sa iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo. Kaya, ipagpapatuloy natin ang pagtuon sa mga pagpapamalas ng mga anticristo sa ating pagbabahaginan sa aytem na ito. Pangunahin nating hihimayin ang saloobin at pag-uugali ng mga anticristo patungkol sa iba't ibang interes na may kaugnayan sa kanilang sarili, susubukang tukuyin ang kalikasang diwa at disposisyon ng mga anticristo at hihimayin ang mga ito mula sa ganitong perspektiba. Magsisimula tayo sa pamamagitan ng pagbabahaginan kung ano, sa mga mata ng mga anticristo, ang mga bagay na may kaugnayan sa kanilang mga interes.

Sa mga mata ng mga anticristo, ang Diyos, ang sambahayan ng Diyos, at ang iglesia ay mga tawag lamang, marahil ay walang iba kundi mga pangalan lamang, na walang tunay na halaga. Samakatwid, itinuturing nila nang may paghamak ang mga interes ng

Diyos, ng sambahayan ng Diyos, at ng iglesia, at hindi nila isinasaalang-alang ang mga ito o binibigyang-pansin. Sa kabaligtaran, ang mga personal na interes ng mga anticristo ang pinakamahalaga para sa kanila. Dahil dito, madalas na ipinagkakanulo ng mga anticristo ang mga interes ng iglesia at ng sambahayan ng Diyos bilang kapalit para sa kanilang mga personal na interes. Ngayon, ikategorya at himayin natin nang mabuti kung alin ang mga bagay na may kaugnayan sa mga interes ng mga anticristo, para mabigyan ang mga tao ng malinaw na pananaw tungkol sa kanilang mga opinyon sa mga usapin ng interes. Una sa lahat, anuman ang tawag sa mga anticristo, ito man ay bilang mga anticristo, masasamang tao, o mga indibidwal na hindi nagsasagawa ng katotohanan o nagkikimkim ng pagkamapanlaban dito, ang mga ganitong uri ng tao ay hindi namumuhay nang hiwalay sa iba. Namumuhay sila sa laman at may parehong mga pangangailangan ng normal na buhay ng tao. Samakatwid, ang mga taong katulad ng mga anticristo na namumuhay kasama ang mga kapatid o sa loob ng sambahayan ng Diyos at ng iglesia, ay mayroon ding mga interes na nauugnay sa sarili nilang seguridad. Ito ang unang subseksiyon tungkol sa mga interes ng mga anticristo—ang sarili nilang seguridad. Ang ikalawang subseksiyon tungkol sa mga interes ng mga anticristo ay ang sarili nilang reputasyon at katayuan, na may kinalaman sa kanilang awtoridad. Ang ikatlong subseksiyon tungkol sa mga interes ng mga anticristo ay may kinalaman sa kanilang benepisyo. Mas malinaw ba na himayin ang mga interes ng mga anticristo sa pamamagitan ng tatlong subseksiyon na ito kumpara sa walang-estruktura at direktang pagbabahagi tungkol sa mga ito? (Oo.) Kung hihilingin Ko sa inyo na magbahagi batay sa tatlong subseksiyon na ito, mayroon ba kayong anumang kabatiran? Makapagbabahagi ba kayo ng kaunting pag-unawa? (Maaaring magawa kong talakayin ang ilang kabatiran ukol sa ikalawang subseksiyon, pero hindi masyadong malinaw sa akin ang tungkol sa personal na seguridad at benepisyo.) Sige, habang nagbabahagi Ako, maaari kayong magdagdag kung saan kayo malinaw na makapagsasalita, at magbabahagi Ako sa mga bagay na hindi malinaw sa inyo. Ayos ba iyon? (Oo.)

A. Ang Sarili Nilang Seguridad

Sisimulan natin ang ating pagbabahaginan sa unang subseksiyon ng mga interes ng mga anticristo—ang sarili nilang seguridad. Dapat malinaw sa lahat ang kahulugan ng subseksiyong ito; ito ay tumutukoy sa pisikal na seguridad ng isang tao. Sa mainland Tsina, ang pananampalataya sa Diyos ay nangangahulugan ng pamumuhay sa isang mapanganib na kapaligiran. Ang bawat tao na sumusunod sa Diyos ay araw-araw na nahaharap sa panganib na maaresto, masentensiyahan, at mapasailalim sa malupit na pag-uusig ng malaking pulang dragon. Ang mga anticristo ay hindi eksepsiyon dito. Bagama't maaaring ilarawan sila bilang mga anticristo sa loob ng sambahayan ng Diyos, ang malaking pulang dragon, kasama ang relihiyosong mundo, ay patuloy na ginagawa ang lahat ng makakaya para supilin at usigin ang iglesia ng Diyos at ang Kanyang mga hinirang, at siyempre, nasusumpungan din ng mga anticristo ang kanilang sarili sa

ganitong kapaligiran at hindi sila libre sa banta ng pagkakaaresto. Samakatwid, madalas nilang kailangang harapin ang isyu ng kanilang sariling seguridad. Tumutukoy ito sa katanungan kung paano pinangangasiwaan ng mga anticristo ang sarili nilang seguridad. Para sa subseksiyong ito, pangunahing pinagbabahaginan natin ang saloobin ng mga anticristo patungkol sa sarili nilang seguridad. Kung gayon, ano ang kanilang saloobin? (Ginagawa nila ang kanilang makakaya para maprotektahan ang sarili nilang seguridad.) Ginagawa ng mga anticristo ang kanilang makakaya para protektahan ang kanilang seguridad. Ang iniisip nila ay: “Dapat ko talagang tiyakin ang seguridad ko. Sinuman ang mahuli, hindi dapat ako iyon.” Sa usaping ito, madalas silang lumalapit sa Diyos sa panalangin, nagsusumamo na ilayo sila ng Diyos sa gulo. Nararamdaman nila na anuman ang mangyari, talagang isinasakatuparan nila ang gawain ng pamumuno sa iglesia at na dapat silang protektahan ng Diyos. Alang-alang sa sarili nilang seguridad at para makaiwas na maaresto, makatakas sa lahat ng pag-uusig at maging ligtas ang kanilang sitwasyon, madalas magsumamo at magdasal ang mga anticristo para sa sarili nilang seguridad. Pagdating sa sarili nilang seguridad, saka lamang sila tunay na umaasa at nag-aalay ng sarili nila sa Diyos. Mayroon silang tunay na pananalig pagdating sa ganitong bagay at tunay ang pag-asa nila sa Diyos. Nag-aabala lamang silang magdasal sa Diyos para hilingin na protektahan Niya ang kanilang seguridad, kahit katiting ay hindi nila iniisip ang gawain ng iglesia o ang kanilang tungkulin. Sa kanilang gawain, ang personal na seguridad ang prinsipyong gumagabay sa kanila. Kung ligtas ang isang lugar, pipiliin ng mga anticristo ang lugar na iyon upang doon sila gumawa, at, tunay nga, magmumukha silang napakasipag at positibo, ibinibida nila ang kanilang matinding “pagiging responsable” at “katapatan.” Kung ang paggawa ng ilang gawain ay nangangahulugan na kailangan nilang humarap sa ilang panganib, at malamang na makatagpo sila ng peligro, at sila ay matutuklasan ng malaking pulang dragon, nagdadahilan sila at tinatanggihan ito, at naghahanap ng pagkakataong matakasan iyon. Sa sandaling magkaroon ng panganib, o sa sandaling may tanda ng panganib, nag-iisip sila ng lahat ng posibleng paraan para makaalis at inaabandona nila ang kanilang tungkulin, hindi nagmamalasakit sa mga kapatid, at inaalala lang ang pag-alis sa panganib. Maaaring inihanda na nila ang kanilang isipan: Sa sandaling lumitaw ang panganib, agad nilang bibitiwan ang gawaing ginagawa nila, nang walang pakialam tungkol sa kung ano ang mangyayari sa gawain ng iglesia, o tungkol sa kung ano ang pinsalang maidudulot nito sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, o tungkol sa seguridad ng mga kapatid—ang mahalaga sa kanila ay makatakas. Mayroon pa nga silang “lihim na alas,” isang plano para protektahan ang kanilang sarili: Sa sandaling sumapit sa kanila ang panganib o maaresto sila, iuulat nila ang lahat ng nalalaman nila, nililinis ang kanilang pangalan at pinawawalang-sala ang kanilang sarili sa lahat ng responsabilidad para maipreserba ang sarili nilang seguridad. Ito ang nakahanda nilang plano. Ayaw ng mga taong ito na makaranas ng pang-uusig dahil sa pananampalataya sa Diyos; takot silang maaresto, mapahirapan, at mahatulan. Ang totoo ay matagal na silang sumuko kay Satanas sa

puso nila. Takot na takot sila sa kapangyarihan ng satanikong rehimen, at mas takot na maranasan ang mga bagay na tulad ng pagpapahirap at marahas na interrogasyon. Para sa mga anticristo, samakatwid, kung maayos ang lahat, at walang anumang peligro o isyu sa kanilang seguridad, at hindi posibleng magkaroon ng panganib, maaaring ialay nila ang kanilang kasigasigan at “katapatan,” at maging ang kanilang mga ari-arian. Ngunit kung masama ang sitwasyon at maaari silang arestuhin anumang oras dahil sa pananampalataya sa Diyos at paggawa ng kanilang tungkulin, at kung maaari silang mapataksik sa kanilang opisyal na posisyon o maabandona ng mga kamag-anak at kaibigan dahil sa kanilang pananampalataya sa Diyos, lalo silang nag-iingat, hindi sila mangangaral ng ebanghelyo at magpapatotoo sa Diyos, ni hindi nila gagampanan ang kanilang tungkulin. Kapag may kaunting tanda ng problema, umuurong sila na parang isang pagong na nagtatago sa talukab nito; kapag may kaunting tanda ng problema, agad nilang ninanais na ibalik sa iglesia ang kanilang mga aklat ng mga salita ng Diyos at anumang may kaugnayan sa pananampalataya sa Diyos, upang sila ay manatiling ligtas at hindi mapahamak. Hindi ba’t mapanganib sila? Kung maaresto, hindi ba sila magiging Hudas? Ang mga anticristo ay masyadong mapanganib na maaari silang maging Hudas anumang oras; laging may posibilidad na ipagkakanulo nila ang Diyos. Bukod pa ryan, makasarili sila at lubhang kasuklam-suklam. Natutukoy ito sa kalikasang diwa ng mga anticristo.

Maaaring sinasabi ng ilan na, “Marahil ang mga taong may ganitong mga pagpapamalas ay matatagpuan lang sa bansa ng malaking pulang dragon, sa kontekstong panlipunan ng Tsina. Kapag pumupunta ka sa ibang bansa, walang pag-uusig o pag-aresto, kaya hindi na nauugnay ang personal na seguridad. Kailangan pa ba ang paksang ito?” Sa tingin ba ninyo ay kailangan pa ito? (Oo.) Kahit sa ibang bansa, maraming tao na gumagawa ng mga tungkulin sa sambahayan ng Diyos ang madalas na nagpapakita ng ganitong mga pag-uugali. Sa sandaling ang talakayan ay napupunta sa mga pag-atake, paninirang-puri, at mga kilos na itinayo laban sa sambahayan ng Diyos ng pulitikal na rehimen ng isang partikular na bansa, ng mga walang pananampalataya o ng mundo ng relihiyon, may mga tao na nakakaramdam ng matinding takot at kaduwagan sa kaloob-looban. Maaari pa ngang nararamdaman nila na mas makabubuti sa kanila sa sandaling ito at mas malaya sila kung hindi sila nananampalataya sa Diyos, ang ilan sa kanila ay nagsisisi sa kanilang pananalig sa Diyos, at sa kanilang puso, ang ilan ay nag-iisip pa nga na umurong at umatras. Sa lahat ng pagkakataon, ang mga ganitong tao ay nagkikimkim ng mga alalahanin tungkol sa sarili nilang seguridad, pakiramdam nila ay wala nang mas mahalaga pa rito. Ang kanilang buhay at ang sarili nilang seguridad ang mga pangunahing alalahanin sa kaibuturan ng kanilang puso. Kaya, kapag nahaharap sa kung paano pinipinsala, sinisiraan, at kinokondena ng mundo at ng buong sangkatauhan ang iglesia at ang gawain ng Diyos, ang mga taong ito ay hindi tumitindig kasama ng Diyos sa kanilang puso. Sa halip, kapag nangyayari ang mga bagay na ito, kapag nakakarinig sila ng mga boses na pumipinsala at kumokondena sa Diyos, sa

kaibuturan nila, sila ay kumontra sa Diyos. Gustong-gusto nilang ihiwalay ang kanilang sarili sa Diyos, sa Kanyang sambahayan, at sa iglesia. Higit pa rito, sa mga ganitong pagkakataon, mahirap at masakit para sa kanila na aminang nananampalataya sila sa Diyos. Desperado silang hindi magkaroon ng kaugnayan sa Diyos, sa Kanyang sambahayan, o sa iglesia. Sa mga ganitong pagkakataon, hindi sila mapalagay at nahihiya pa nga at hindi nila maipakita ang kanilang mukha bilang isang miyembro ng sambahayan ng Diyos. Tunay bang tagasunod ng Diyos ang mga ganitong tao? Tunay ba nilang tinalikuran ang lahat para sundan ang Diyos? (Hindi.) Kapag nananampalataya ang mga tao sa Diyos sa mainland Tsina, madalas silang nahaharap sa pag-uusig at pag-aresto, at madalas silang nakakatagpo ng mga isyu sa personal na seguridad; bagama't ang kapaligiran sa ibang bansa ay hindi kasinglupit, nakakaranas pa rin ang mga tao ng mga kaparehong sitwasyon. Nahaharap sila sa paninirang-puri at pagkondena mula sa relihiyosong mundo, at kailangan nilang harapin ang kawalang-pakialam o mga partikular na pahayag ng hindi pagkakaunawa ng iba't ibang bansa tungkol sa iglesia. Hindi alam ng ilan kung ano ang gagawin at mayroon pa nga silang mga pag-aalinlangan at pagdududa tungkol sa kung tunay nga ba ang gawain ng Diyos, lalo pa nilang kinukuwestiyon ang kawastuhan ng Diyos. Samakatwid, dahil madalas nilang isinasaalang-alang ang kanilang sariling seguridad, hindi nila magawa ang kanilang mga tungkulin sa sambahayan ng Diyos nang may matatag at mapayapang puso. Tunay bang naibigay ng mga indibidwal na ito ang kanilang buhay sa Diyos? (Hindi, hindi nila nagawa.) Iniiisip pa nga ng ilan na, "Ang pagpunta sa ibang bansa ay nangangahulugang pagtakas mula sa mahigpit na hawak ng malaking pulang dragon, hindi ba? Hindi ba't may kalayaan sa relihiyon sa ibang bansa? Hindi ba't lahat ay libre at malaya? Dahil dinala tayo ng Diyos sa ibang bansa para gawin ang ating mga tungkulin, bakit kailangan pa rin nating harapin ang parehong malulupit na kalagayan? Bakit kailangan pa rin nating matutunan ang mga aral na ito at mapasailalim sa pagdurusang ito sa ibang bansa?" Ang ilang tao ay may pagdududa sa kanilang puso, at ang ilan ay hindi lang nagdududa kundi lumalaban, nagkikimkim ng mga katanungan tulad ng, "Sapagkat ito ang tunay na daan, sapagkat ito ang gawain ng Diyos, bakit kaming mga tapat sa paggawa ng aming mga tungkulin, na tumalikod sa lahat para igugol ang aming sarili sa Diyos, ay kinakailangan pa ring magtiis sa ganitong hindi patas na pagtrato sa mundong ito?" Hindi nila ito nauunawaan. Dahil hindi nila ito nauunawaan at inuuna nila ang sarili nilang seguridad sa lahat ng bagay, dahil doon, ang kanilang kawalan ng pagkaunawang ito ay nagiging mga reklamo at pangunguwestiyon sa Diyos. Hindi ba't totoo iyon? (Oo.) Ang ilang tao sa ibang bansa ay natatakot pa ngang magbakasakali sa paggawa ng kanilang mga tungkulin. Kung itinatalaga sa kanila ang isang tungkulin na may kaunting peligro, nagdadahilan sila tulad ng, "Hindi ako angkop para sa tungkuling ito. Nasa mainland Tsina pa rin ang pamilya ko, at kung madidiskubre ako ng malaking pulang dragon, hindi ba't magiging malaking problema ito para sa akin?" Tumatanggi silang gampanan ang mga ganitong tungkulin. Pinipili nilang ingatan ang kanilang sarili, protektahan ang sarili nilang seguridad, at

iligtas ang sarili nilang buhay. Naghahanda sila ng daan na malalabasan sa halip na ganap na ialay ang kanilang sarili, bitiwang lahat, at talikuran ang lahat para tanggapin ang kanilang mga tungkulin. Hindi nila ito magawa. Ito ang ilan sa kanilang mga pag-uugali pagdating sa sarili nilang seguridad. Hindi napapalagay ang ilan tao sa kanilang puso at madalas nilang ipinagdarasal ang tungkol dito. Ang iba ay madalas na natatakot at naduduwag, iniisip na masyadong makapangyarihan ang mga puwersa ni Satanas, at paano makakalaban ang isang ordinaryong taong katulad nila? Kaya, madalas silang natatakot at nag-aalala tungkol dito. Pakiramdam pa nga ng ilan, na sa sandaling maaresto sila, walang magagawa ang iglesia o ang sambahayan ng Diyos, na walang sinuman ang may magagawa kung may mangyayari. Kaya naman, iniisip nila na pinakamahalagang protektahan ang kanilang sarili. Kaya, kapag kinakailangan nilang mag-inisyatiba na sumuong sa panganib at umako ng delikadong tungkulin, nagtatago sila, at walang makakahimok sa kanila. Sinasabi nila na wala silang kakayahan, naghahanap ng iba't ibang dahilan at palusot para tanggihan ang mahahalagang tungkulin na ipinagkatiwala sa kanila ng sambahayan ng Diyos. Kung maganda ang kapaligiran, maaari pa ngang tumayo ang mga taong ito sa pampublikong lugar sa harap ng maraming tao nang may hawak na mikropono at sumisigaw ng, “Nananampalataya ako sa Makapangyarihang Diyos, isa akong miyembro ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos. Sana lahat ay makapunta at makapagsiyasat sa tunay na daan.” Nagagawa nila ito nang walang anumang takot kapag hindi nanganganib ang kanilang personal na seguridad. Subalit kapag mayroong kahit katiting na senyales ng pagbabanta o anumang sitwasyon na may kinalaman sa kanilang sariling seguridad, o kapag biglaang lumilitaw ang mga sitwasyon, nawawala ang kanilang kasigasigan, naglalaho ang kanilang “katapatan,” at kumukupas ang kanilang “pananalig.” Ang alam lang nila ay ang tumakas sa kahit anong paraan, palaging naghahanap ng hindi napapansin at hindi nakikitang gawain na isasakatuparan, ipinapasa sa ibang tao ang mga gampanin at tungkulin na nangangailangan ng kanilang pagsuong sa panganib. Kapag bumubuti na ang kapaligiran, bigla silang nagpapakitang muli na parang mga payasong nasa entablado. Bakit sila muling nagpapakita? Para ipresenta ang kanilang sarili, para ipaalam sa mga tao ang kanilang presensiya, para ipakita sa Diyos ang kanilang kasigasigan, ipakita sa Diyos ang kanilang katapatan sa sandaling iyon, at kasabay nito, para itama ang mga pagkakamali nila noon, desperadong nagsisikap na makabawi. Gayumpaman, sa pinakamaliit na senyales ng problema o pagbabago sa kapaligiran, muling naglalaho ang mga taong ito at nagtatago sila.

Noong nagsisimula pa lang lumaganap ang gawain ng ebanghelyo, talagang mahirap na ipangaral ang ebanghelyo. Noong panahong iyon, hindi maraming tao ang nakapagpapangaral ng ebanghelyo, at ang mga nakakagawa nito ay may napakababaw na pagkaunawa sa katotohanan. Hindi nila makilatis nang mabuti ang mga kuru-kurong panrelihiyon ng mga tao, at mahirap ang pagkakamit ng mga tao. Bukod dito, may kasamang mga panganib ang pangangaral ng ebanghelyo. Kapag nakakatagpo ka ng

mga taong medyo may mabuting pagkatao, sa pinakahigit, tumatanggi silang tanggapin ito at iyon lang iyon, pero hindi ka nila pipinsalain o iinsultuhin. Kung mananatili kang nakikipag-ugnayan sa kanila, maaaring may pag-asa pa ring makamit sila, na magbubunga ng ilang resulta. Gayumpaman, kapag nakakatagpo ka ng masasamang tao o mga pastor at elder mula sa iba't ibang mga denominasyon, hindi lang tumatangging tumanggap ang mga taong ito, kundi pamumunuan din nila ang isang magkasanib na pag-atake, pupuwersahin kang umamin sa iyong mga kasalanan, at kung hindi mo gagawin, maaaring salakayin ka nila sa pisikal. Sa mas malulubhang kaso, maaaring iuulat ka pa nila sa mga pulis at dadalhin ka sa istasyon, ilalagay ka sa panganib na madetine anumang oras. Hindi napipigilan ang ilang lider ng iglesia ng mga bagay na ito. Patuloy nilang ginagawa ang kanilang mga tungkulin kapag kinakailangan, at nangunguna pa nga sila sa pangangaral ng ebanghelyo at pagpapatotoo sa Diyos. Gayumpaman, hindi kumilos sa ganitong paraan ang ilang diumano'y lider o mga huwad na lider. Kapag nahaharap sila sa mga ganitong panganib, hindi sila mismo ang pumupunta kundi nagpapadala sila ng iba. Nabalitaan ko na natuklasan ng isang lider na ang isang potensyal na tatanggap ng ebanghelyo ay isang lider pala sa isang partikular na denominasyon. Balak niyang magtalaga ng isang tao na mangangaral ng ebanghelyo sa lider na iyon. Matapos itong pag-isipan, hindi siya makahanap ng naaangkop na tao at naisip niyang mas nararapat na siya na lang mismo ang pumunta. Gayumpaman, natatakot siya sa panganib at ayaw niyang pumunta, kaya, itinalaga niyang pumunta ang isang batang sister na nasa edad labing-walo o labing-siyam sa halip na siya. Ano sa palagay ninyo? Dapat ba niyang italaga ang pagpunta ng batang sister na ito? (Hindi dapat.) Bakit hindi dapat? (Dahil ang potensyal na tatanggap ng ebanghelyo ay isang lider sa isang partikular na denominasyon na may maraming kuru-kurong panrelihiyon. Mababa ang tayog ng batang sister, mababaw ang pagkaunawa niya sa katotohanan, hindi niya kayang magbahagi tungkol sa katotohanan para tugunan ang mga problema ng potensiyal na tatanggap ng ebanghelyo, at bukod sa maaaring hindi mapapabalik-loob ng batang sister ang potensiyal na tatanggap ng ebanghelyo, maaaring ang sister mismo ang nalihis.) Sa kanyang edad, gaano karaming katotohanan ang talagang nauunawaan ng batang sister na ito? Gaano karaming kaalaman sa Bibliya ang taglay niya? Ano ang tsansa na mapapabalik-loob niya ang lider mula sa denominasyong iyon? Sa kanyang edad, tiyak na wala pa siyang gaanong karanasan sa pangangaral ng ebanghelyo. Dagdag pa rito, bago pa lang siya umabot sa hustong gulang at wala siyang karanasan. Kaya ba niyang kilatisin ang mga kuru-kuro, ideya, at suliranin ng mga taong nasa hustong gulang na? (Hindi, hindi niya kaya.) Tiyak na hindi. Sa kanyang edad, sadyang hindi pa niya kayang pangasiwaan ang mga kaisipan ng mga taong nasa hustong gulang na. Sabihin ninyo sa Akin, kung titingnan ang kanyang edad, ang sister ba na ito ang pinakamahasag na piliin? (Hindi.) Hindi siya ang pinakamahasag na dapat piliin. Kaya, sa pagpapadala sa batang sister, tama ba ang layunin ng lider na ito? (Hindi tama ang kanyang layunin.) Hindi tama ang kanyang layunin. Hindi niya dapat pinadala

ang batang sister. Kalaunan, nang makipag-ugnayan ang batang sister sa lider ng denominasyong iyon at natuklasan na hindi mabuting tao ang lider ng denominasyon, iniulat niya ito pabalik sa lider, ipinapahayag na talagang natatakot siya at hindi na siya nangahas na bumalik. Ginipit siya ng lider, iginigiit na, “Hindi, tungkulin mo ito, at dapat kang pumunta!” Napaluha ang batang sister, sinasabing, “Tungkulin ko ito, at dapat akong pumunta, pero hindi ko kaya, hindi ko ito kayang pangasiwaan.” Gayumpaman, hindi nagpatinag ang lider na ito at patuloy niyang sinabi, “Kahit na hindi mo ito kaya, kailangan mong pumunta; walang ibang pupunta, kaya kailangang ikaw ang pumunta!” Anong klaseng lider ang tingin ninyo rito? Bukod sa pinoprotektahan niya ang kanyang sarili kapag may papalapit na panganib, inilalagay rin niya ang ibang tao sa panganib habang siya ay umaatras. Kahit sa mga sitwasyon na ipinahayag ng batang sister ang kanyang kawalan ng kakayahan at umiyak pa ito sa takot, hindi pa rin sumang-ayon ang lider. Anong klaseng walang-saysay na nilalang ito? Tao ba ito? (Hindi.) Hindi ito isang tao. Hindi niya isinaalang-alang ang seguridad ng kanyang mga kapatid, kundi ang sarili lamang niya. Ipinagpalit pa nga niya ang seguridad ng iba sa kanyang sariling interes, katulad ng mga magulang na nagsusugal, na kapag naubos na ang lahat ng kanilang pera at wala nang natira, iniaalok nila ang kanilang sariling mga anak na babae bilang kolateral sa kanilang mga utang, para makaligtas sila sa hiras at makaiwas sa sakuna, isinasakripisyo ang kanilang pinakamamahal kapalit ng kanilang sariling kaligayahan. Anong klaseng walang-saysay na nilalang ang lider na ito? May natitira pa bang pagkatao sa kanya? (Wala.) Walang bahid na pagkatao sa kanya. Batay sa pag-uugaling ito, maaari bang ilarawan ang mga taong tulad nito bilang mga anticristo? (Oo, maaari.) Talagang maaari! Maaaring sinasabi ng iba, “Ang ginagawa nila ay alang-alang sa gawain ng iglesia, para sa pangangaral ng ebanghelyo. Hindi ba’t mabuti ang layon nila? Hindi ba’t ginagawa nila ito para pangalagaan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos? Paanong mailalarawan sila bilang mga anticristo?” Mayroon na bang nag-isip nang ganito? Balido ba ang argumentong ito? (Hindi.) Kung gayon, sabihin ninyo sa Akin, ano ang kalikasan ng isyung ito? (Ginamit ng lider na ito, alang-alang sa sarili niyang interes at seguridad, ang buhay at seguridad ng batang sister bilang kapalit, ibig sabihin, sinadya niyang itulak ang batang sister sa kapahamakan—mayroon siyang lubos na mapaminsalang pagkatao.) Sa mas simpleng salita, ginawa ng lider na ito ang ganitong pagsasaayos kahit alam na alam niyang hindi kaya ng batang sister ang gampaning ito, para lamang maprotektahan ang kanyang sarili. Kasabay nito, ginawa niya ito para may maiulat siyang patunay sa pagtupad ng kanyang sariling tungkulin, isinasakripisyo ang mga interes at seguridad ng iba para matamo ang kanyang mga pansariling layon. Iyon ang kanyang layunin. Sadyang hindi niya isinaalang-alang kung sino ang may kakayahang gumawa sa trabahong ito, kung sino ang makakapagpabalik-loob sa taong ito, o kung sino ang epektibong makakagawa sa trabahong ito, hinahanap ang pinakamahusay na tao para sa gampanin. Ang diwa ng kanyang mga kilos ay hindi tungkol sa paggampan ng kanyang tungkulin o pagtupad ng kanyang katapatan o

responsabilidad, kundi ito ay tungkol sa pagkakaroon ng kakayahang mag-ulat sa kanyang mga nakatataas, at pagprotekta sa kanyang sarili sa pamamagitan ng pagsasakripisyo sa mga interes ng iba, na nakakapinsala pa nga sa iba. Kumilos siya sa paraang nakakapinsala sa iba para maprotektahan ang kanyang sarili at matamo ang sarili niyang mga layon—hindi ba’t ito ang diwa nito? (Oo.) Iyan ang diwa nito. Samakatwid, ang mga kilos ng lider na ito ay maaaring ilarawan bilang mga kilos ng isang anticristo. Hindi ba’t ito ang ugat ng usapin? (Oo, ito nga.) Ito mismo ang sitwasyon. Kung walang naaangkop na mga kandidato, at wala roon ang batang sister, kung siya mismo ang inutusan na pumunta para mapabalik-loob ang lider ng denominasyong iyon, pupunta kaya siya? Makakaya kaya niyang sabihin na, “Kung walang mga naaangkop na kandidato, ako na ang pupunta. Hindi ako natatakot. Kahit pa ibig sabihin nito ay isasakripisyo ko ang aking buhay para makamit ang taong ito, handa akong gawin iyon, dahil ito ang aking tungkulin at responsabilidad”? Magagawa kaya niya iyon? (Hindi.) Bakit natin sinasabing hindi niya magagawa ito? Hindi tayo nanghuhula rito. Ano ang batayan natin sa pagsasabing hindi niya ito magagawa? (Dahil noong ginagawa niya ang kanyang tungkulin, hindi talaga ito para makamit ng mga resulta at mapabalik-loob ang potensiyal na tatanggap ng ebanghelyo. Kaya, iniraraos lamang niya ang gawain sa pamamagitan ng pagpapadala ng batang sister. Kung wala ang batang sister doon, hindi siya personal na pupunta para makamit ang taong ito.) Tama, ganoon nga ang mangyayari. Kung nakita niyang walang naaangkop na kandidatong maipapadala, hindi ba’t dapat siya na mismo ang pumunta? (Oo.) Kung tunay siyang tapat sa kanyang tungkulin at hindi isinasaalang-alang ang sarili niyang seguridad, hindi sana niya hinayaang pumunta ang batang sister, kundi siya na sana mismo ang pupunta. Kung gayon, ano ang isyung binibigyang-diin sa hindi niya pagpunta mismo? (Pinoprotektahan niya ang sarili niyang seguridad at mga interes.) Tama, ganoon nga ang nangyari. Kung tunay siyang tapat sa kanyang tungkulin, dapat sana ay pinasan niya ang mabigat na responsabilidad na iyon nang siya mismo. Subalit, hindi niya ginawa iyon; sa halip, pinili niya ang pinakahindi-angkop na kandidato na pumunta sa halip na siya. Layunin ba niya na magpadala ng pinakahindi-angkop na tao sa pinakamapanganib na lugar para makamit ang sarili niyang layon na pagpananggalang sa kanyang sarili mula sa panganib at pagprotekta sa kanyang sarili? (Oo.) Ito ang pag-uugali ng mga anticristo. Ito ay may kinalaman sa pagsasaayos ng mga tao.

Sa mainland Tsina, tuloy-tuloy at brutal na sinusupil, inaaresto, at inuusig ng malaking pulang dragon ang mga mananampalataya sa Diyos, madalas na inilalagay sila sa mga mapanganib na kapaligiran. Halimbawa, gumagamit ng iba’t ibang palusot ang gobyerno para hulihin ang mga mananampalataya. Sa tuwing nadidiskubre nila ang lugar kung saan naninirahan ang isang anticristo, ano ang unang naiisip ng anticristo? Hindi ito tungkol sa wastong pagsasaayos ng gawain ng iglesia, kundi ito ay tungkol sa kung paano makakatakas sa mapanganib na sitwasyong ito. Kapag nahaharap ang iglesia sa panunupil at mga pag-aresto, hindi kailanman nakikibahagi ang mga anticristo

sa gawain pagkatapos. Hindi sila nagsasaayos ng mahahalagang mapagkukunan o ng mga tauhan sa iglesia. Sa halip, naghahanap sila ng mga palusot at dahilan para makakuha sila ng isang ligtas na lugar para sa kanilang sarili at iyon lang iyon. Kapag nasiguro na ang kanilang personal na seguridad, bihira na silang makibahagi nang personal sa pagsasaayos ng mga gawain, tauhan, o mapagkukunan ng iglesia, at hindi rin sila nag-uusisa sa usapin o gumagawa ng anumang mga partikular na pagsasaayos. Dahil dito, hindi agad nalilipat sa mga ligtas na lugar ang mga mapagkukunan at pananalapi ng iglesia, at sa huli, marami ang ninanakaw at tinatangay ng malaking pulang dragon, na nagdudulot ng malalaking kawalan sa iglesia at humahantong sa pagkakadakis ng mas maraming kapatid. Ito ang resulta ng pag-iwas ng mga anticristo sa kanilang responsabilidad sa gawain. Sa kaibuturan ng puso ng mga anticristo, palaging nangunguna ang kanilang personal na seguridad. Isa itong isyu sa puso nila na isang palagiang alalahanin para sa kanila. Iniisip nila, “Hindi ako dapat malagay sa gulo. Kung sino man ang mahuhuli, hindi dapat ako—kailangan kong manatiling buhay. Naghihintay pa rin akong makibahagi sa kaluwalhatian ng diyos kapag natapos na ang gawain ng diyos. Kung mahuhuli ako, kikilos ako tulad ni Hudas, at magiging katapusan ko na. Walang magiging magandang kalalabasan para sa akin. Parurusahan ako.” Kaya, sa tuwing pumupunta sila sa isang bagong lugar para gumawa, una nilang sinisiyasat kung sino ang may pinakaligtas at pinakamakapangyarihang sambahayan, kung saan maaari silang magtago mula sa paghahanap ng gobyerno at makaramdam na ligtas sila. Pangalawa, naghahanap sila ng mga sambahayan na may mas mainam na kondisyon ng pamumuhay, kung saan may karne sa bawat kainan, aircon sa tag-init, at heater sa taglamig. Dagdag pa rito, inuusisa nila kung sino sa mga mananampalataya ang mas masigasig at mayroong mas matibay na pundasyon, isang taong kayang magbigay ng proteksyon kapag nagkakaproblema. Sinisiyasat muna nila ang lahat ng bagay na ito. Pagkatapos ng kanilang pagsisiyasat, naghahanap sila ng lugar na matitirhan at gumagawa sila ng ilang mababaw na gawain, nagpapadala ng liham, o naghahatid ng ilang impormasyon o mga pagsasaayos ng gawain sa pamamagitan ng pasalita. Ngayon, sa tingin mo ba ay may kakayahan ang mga anticristo na gumawa? Kapag tinitingnan mo kung paano nila maingat at maayos na isinasaalang-alang at isinasaayos ang kanilang personal na seguridad, mukhang alam nila kung paano gumawa ng partikular na gawain, alam nila sa kanilang puso kung paano ito gagawin. Gayumpaman, hindi tama ang kanilang layunin, personal na pakinabang lang ang iniisip nila, at sila ay tutol sa katotohanan; kahit na alam nila na ang ginagawa nila ay kontra sa katotohanan at ito ay makasarili at kasuklam-suklam, iginigiit nilang gawin ang mga bagay-bagay ayon sa kanilang sariling paraan at kumikilos sila nang walang pakundangan at walang ingat. Lahat ng ginagawa ay para mapanatili ang kanilang sariling seguridad. Pagkatapos nilang makahanap ng matitirahan maramdaman nilang malayo na sila sa kapahamakan, na lumipas na ang panganib, nagpapatuloy ang mga anticristo sa paggawa ng mababaw na gawain. Talagang maselan ang mga anticristo sa kanilang mga pagsasaayos, pero

nakadepende ito sa kung sino ang kanilang kinakaharap. Napakaingat nilang pinag-iisipan ang mga bagay na may kinalaman sa kanilang sariling mga interes, pero pagdating sa gawain ng iglesia o sa kanilang sariling mga tungkulin, ipinapakita nila ang kanilang pagiging makasarili at kasuklam-suklam at hindi sila nagpapakita ng pagkaresponsible, ni wala silang kahit bahid ng konsensiya o katwiran. Dahil mismo sa mga pag-uugaling ito kaya sila nailalarawan bilang mga anticristo. Kung manghuhusga tayo batay lamang sa kakayahan, kung isasaalang-alang kung paano sila nag-iisip nang mabuti at gumagawa ng detalyado at kongkretong mga plano para sa sarili nilang seguridad, hindi sila nagkukulang sa kakayahan at may utak sila. Dapat na may kakayahan silang pangasiwaan ang gawain ng sambahayan ng Diyos. Ngayon, kung titingnan mo ito batay sa kanilang kakayahan, hindi sila dapat matawag na mga anticristo, kung gayon bakit tinatawag pa rin sila nang ganoon? Ito ay natutukoy batay sa kanilang diwa, sa kung kaya nilang tanggapin ang katotohanan at isagawa ito, sa kung sila ba ay mga taong naghahangad sa katotohanan. Maingat at tiyak nilang isinasaalang-alang at isinasaayos ang kanilang kapaligiran sa pamumuhay, ang kanilang pagkain at inumin, at ang kanilang seguridad. Ngunit pagdating sa gawain ng sambahayan ng Diyos, sila ay nagiging ganap na ibang tao, lubos na makasarili at kasuklam-suklam, hindi nagpapakita ng pagsasaalang-alang sa layunin ng Diyos. Ang mga ito ay tiyak na hindi ang mga taong naghahangad sa katotohanan. Tinatrato ng mga anticristo ang gawain ng sambahayan ng Diyos at ang mga pagsasaayos ng gawain ng ang Itaas sa pamamagitan ng pagsasala sa mga ito. Pinipili nilang salain kung ano ang nais at ayaw nilang gawin, at kung ano ang may kaugnayan at walang kaugnayan sa sarili nilang seguridad. Pagkatapos, gumagawa sila ng ilang madaling gawain na walang panganib, para lang maiwasan na malaman ng ang Itaas na mabilis silang kumain at mabagal magtrabaho, at na hindi nila inaasikaso ang kanilang mga nararapat na tungkulin. Matapos isaayos ang gawain, hindi nila kailanman inuusisa o pinangangasiwaan kung paano isinasakatuparan ang mga partikular na gampanin. Halimbawa, may mga partikular na prinsipyo at regulasyon ang sambahayan ng Diyos tungkol sa mga handog at iba't ibang mapagkukunan: kung paano isaayos, saan ilalagay, paano pangangalagaan ang mga ito, at kung sino ang dapat mangalaga. Ang mga anticristo, sa kabilang banda, ay nagsasalita lang tungkol sa mga bagay na ito, at kapag nagawa na nila ang mga pagsasaayos, itinuturing nila itong tapos na. Hindi mahalaga kung ang kapaligiran ay naaangkop o hindi, hindi nila kailanman binibisita ang lugar para tingnan ang paligid; gumagalaw lang ang kanilang mga labi, at sa puso nila ay hindi sila nakakaarok, at hindi nag-uusisa, nagsisiyasat, o nag-aalala kung ang mga partikular na pagsasaayos para sa mapagkukunan ng sambahayan ng Diyos ay angkop o ligtas. Kaya, sa panahon ng pamumuno ng mga anticristo, sa loob ng saklaw ng gawain nila, nasamsam ng masasamang tao ang ilang aklat ng mga salita ng Diyos. Ang ilang aklat ay inaamag dahil sa hindi tamang pag-iimbak, at sa ilang pagkakataon, ang ilang partikular na aklat o mapagkukunan ay inilalagay sa mga lugar na walang nag-aalaga sa mga ito. Bukod sa nabigo ang mga anticristo na gumawa ng

mga partikular na pagsasaayos para sa mga bagay na ito, tiyak na hindi sila nag-uusisa, nagsisiyasat, o nagtatanong tungkol sa mga ito. Sa halip, itinuturing nila na tapos na ang kanilang gampanin kapag nagawa na nila ang mga pagsasaayos. Magaling lang silang magsalita at iyon na iyon; iniraraos lang nila ang gawain nang hindi naghahanap ng aktuwal na mga resulta. Nagpapakita ba ng katapatan ang mga anticristo sa pamamagitan ng mga pag-uugaling ito? (Hindi.) Wala silang katapatan. Pagdating sa pagsasaayos ng iba't ibang mapagkukunan ng iglesia, hindi kailanman nag-uusisa ang mga anticristo. Ano ang ibig sabihin ng “hindi kailanman nag-uusisa”? Ibig bang sabihin nito ay wala silang ginagawang anumang pagsasaayos? Iniraraos lang nila ang gawain at gumagawa sila ng mga pagsasaayos para linlangin ang mga tao, baka may mag-ulat sa kanila sa mga nakatataas. Ngunit hindi sila gumagawa ng anumang partikular na gawain. Ano ang tinutukoy ng partikular na gawain? Kasama rito ang pagtukoy kung saan dapat ilagay ang mga bagay na ito, kung ligtas ba o hindi, kung baka may mangyari sa mga ito, kung baka dumating ang mga daga at ngatngatin ng mga ito ang mga gamit, kung baka bahain o nakawin ang mga ito, kung naaangkop ba ang mga indibidwal na responsable sa pangangalaga, at iba pa. Ang mga anticristo, gayumpaman, ay hindi kailanman nag-uusisa, hindi kailanman nagsisiyasat, at hindi kailanman nag-aalala. Sa kanilang puso, naniniwala silang hindi para tamasahin nila ang mga bagay na ito; hindi nila pinahahalagahan ang mga ito at walang silbi ang mga ito sa kanila. Ang mga ito ay pag-aari ng iba, pag-aari ng sambahayan ng Diyos, at walang kinalaman sa kanila. Wala silang pakialam; hinahayaan ang sinumang gustong magmalasakit ang siyang mag-alala tungkol dito—hindi sila nag-aalala. Isinasaayos nila ang mga bagay-bagay, at iyon na iyon. Ang ilang anticristo ay hindi man lang nag-aabalang magsaayos. Naniniwala sila na, hindi sila makakakuha ng anumang gantimpala kahit na gawin pa nila ang gawaing ito nang maayos, at na walang sinuman ang magpapanagot sa kanila kung hindi nila ito ginawa nang maayos. Sino ang mag-uulat sa kanila para sa ganito kaliit na bagay? Parurusahan ba sila ng Diyos dahil dito? Ang saloobin at pananaw ng mga anticristo sa kanilang mga tungkulin ay ganoon lang: Iniraraos lang nila ang gawain at pabastabastang pinangangasiwaan ang mga bagay-bagay. Hangga’t hindi nakakaapekto ang mga bagay na ito sa sarili nilang katayuan o seguridad, wala silang pakialam kung pinamahalaan ang mga ito o hindi. Kung ang mga bagay na ito ay nawala, nabawasan, o nasira man, ang lahat ay walang kaugnayan sa kanila. Sa isipan ng mga anticristo, ang mga mapagkukunang ito ng sambahayan ng Diyos ay itinuturing na pampublikong ari-arian. Hindi nila kailangang mag-alala tungkol sa mga ito, hindi nila kailangang intindihin, at hindi nila kailangang gumugol ng lakas para pamahalaan ang mga ito. Kaya, sa panahon ng pamumuno ng mga anticristo, dahil sa kanilang kapabayaan sa tungkulin, sa pagtuon nila sa pansariling kasiyahan, at sa pagkabigong gampanan ang ilang partikular na gampanin, ang iba’t ibang mapagkukunan sa sambahayan ng Diyos ay ninanakaw o tinangay ng malaking pulang dragon, o kinumpiska ng ilang masamang tao. Maraming ganitong kaso. Maaaring sinasabi ng ilan, “Sa ganitong mapanlaban na

kapaligiran, sino ang metikulosong makakapag-asikaso sa lahat? Sino ang makakaiwas sa kaunting kapabayaan o paggawa ng ilang kamalian?” Tungkol lang ba ito sa paggawa ng ilang kamalian? Maglalakas-loob Ako na sabihing, kung kayang tuparin ng mga tao ang kanilang mga responsabilidad at magpakita ng katapatan, hindi magiging ganoon kalaki ang kawalan sa mga mapagkukunang ito; tiyak na mababawasan ito, at mapapabuti nang husto ang pagiging epektibo ng gawain.

Nananampalataya ang mga anticristo sa Diyos upang magkamit ng mga pagpapala. Hindi nila kailanman iniintindi ang anumang bagay na may kaugnayan sa sambahayan ng Diyos o sa mga interes ng Diyos. Anuman ang gawin nila ay kailangang umiikot sa kanilang mga pansariling interes. Kung ang gawain ng sambahayan ng Diyos ay walang kinalaman sa kanilang mga pansariling interes, sadyang wala silang pakialam at hindi sila nag-uusisa tungkol dito. Lubha silang makasarili! Noong kumikilos bilang lider ang ilang partikular na anticristo, dinambong ng malaking pulang dragon ang napakaraming handog na nasa ilalim ng kanilang pangangasiwa, at isang nakakagulat na halaga ang nawala. Pero hindi man lang sinisi ng mga anticristong ito ang kanilang sarili. Sinabi pa nga nila pagkatapos, “Hindi lang naman ako ang responsable rito: Paanong sa akin lahat ibubunton ang sisi? Bukod pa rito, hindi maiiwasan ang ganitong uri ng sitwasyon.” Wala man lang silang naramdamang pagsisisi, ibinunton nila ang sisi sa ibang tao, at, puno ng mga palusot, sinubukan nilang ipagtanggol ang kanilang sarili. Anong uri ng mga walang-saysay na nilalang sila? Hindi ba’t dapat patalsikin ang mga ganitong tao? Hindi ba’t dapat silang sumpain at parusahan? (Oo.) Pagkatapos gumawa ng ganito kalaking pagkakamali, talagang walang pagsisisi ang mga anticristong ito! Anong mga pagpapamalas ang maipapakita ng isang normal na tao, isang taong may pagkatao, isang taong tapat sa Diyos, o isang taong may-takot-sa-Diyos na puso, kung dahil sa kanilang kapabayaan ay naagaw ng malaking pulang dragon ang mga ari-arian ng sambahayan ng Diyos? (Makararamdam sila ng pagsisisi, sisisihin nila ang kanilang sarili, at mararamdaman nila sa kanilang puso na hindi nila tinupad nang maayos ang kanilang tungkulin.) Ano ang susunod nilang gagawin? Mag-iisip sila ng paraan para makabawi. Mula sa kaibuturan ng kanilang puso, makakaramdam sila ng pagkakautang at pagsisisi; anuman ang sabihin ng iba, hindi sila magrereklamo ng kahit isang salita, hindi nila ipagtatanggol ang kanilang sarili. Aaminin nila na kapabayaan nila iyon, ang kanilang pagsalangsang. Tatanggapin nila ang anumang sinabi sa kanila ng Diyos at kung paano man sila napagpasyahang pangasiwaan ng sambahayan ng Diyos. Kung gayon, bakit hindi ito matanggap ng mga anticristo? Bakit puno ng hinaing ang pakiramdam nila pagkatapos mapatalsik? Ibinubunyag nito ang kalikasan ng mga anticristo. Ang mga anticristong ito ang nagdulot ng malalaking kawalan sa gawain ng sambahayan ng Diyos, napakaraming pagsisikap ng iba ang nasayang dahil sa kanilang pagpapabaya sa kanilang mga tungkulin, at napakaraming handog ang kinamkam ng malaking pulang dragon, ngunit wala silang naramdamang paninisi sa sarili, walang naramdamang pagkakautang, at ipinagtanggol pa nga nila ang kanilang sarili. Nang

pangasiwaan sila ng sambahayan ng Diyos, tumanggi silang magpasakop, at ipinagkalat nila kahit saan ang kanilang pagsuway. Anong uri ng mga walang-saysay na nilalang sila? Hindi ba't ito ay pagtawag ng sariling kamatayan? (Oo.) Ito ay pagtawag ng sariling kamatayan. Kung titingnan ang kaibuturan ng mga anticristo, ang kanilang kalikasang diwa ay pagiging mapanlaban sa katotohanan at sa Diyos. Wala silang pagkatao; sila ay mga buhay na demonyo, mga Satanas, mga hayop na nakasuot ng damit ng tao. Kapag gumawa ng maliit na pagkakamali o nagsabi ng maling bagay ang mga taong may pagkatao, nakakaramdam sila ng paninisi sa sarili. Ngunit ang mga buhay na demonyo, ang mga anticristo, ay hindi nakakaramdam nito. Kahit na pagkatapos gumawa ng napakatinding pagkakamali, hindi nakaramdam ng anumang paninisi sa sarili ang mga anticristong iyon, at sinubukan pa nga nilang ipagtanggol ang kanilang sarili. Kung gayon, ano ang katotohanan para sa kanila? Kinikilala ba nila ang katotohanan sa puso nila? Ang mga salita ng Diyos ang katotohanan, at ang Diyos ang katotohanan—kinikilala ba nila ang katunayang ito? (Hindi nila ito kinikilala.) Malinaw na hindi nila ito kinikilala. Sa puso nila, itinuturing nila ang kanilang sarili bilang ang katotohanan, bilang Diyos; iniisip nila na maliban sa kanila, wala nang ibang Diyos. Hindi ba't mga diyablo ito? (Oo.) Ang mga ito ay mga diyablo, mga tipikal na diyablo. Ang mga anticristo ay hindi man lang nag-uusisa tungkol sa mga mapagkukunan ng iglesia, at hindi rin sila gumagawa ng anumang mga partikular na pagsasaayos para sa mga ito. Pero kapag nagkataong may pag-aari silang isang mahalagang bagay, makakasiguro ka na aalagaan nila ito nang mabuti. Hindi sila magbubunyag ni isang salita tungkol dito kahit na nagsasalita sila kapag tulog, at kahit pahirapan mo sila ay hindi mo rin sila mapipilit na magsalita. Binabantayan nila ito nang napakahusay. Gayumpaman, pagdating sa mga mapagkukunan ng sambahayan ng Diyos, ang kanilang saloobin ay ganap na naiiba. Ang totoo ay may ganitong klaseng saloobin sila: “Ano ba ang kinalaman niyan sa akin? Hindi ko naman natatamasa ang mapagkukunang iyan, at hindi naman sa akin iyan. Kahit na alagaan ko iyan nang mabuti, baka ibigay lang ito sa iba! Ano ang silbi ng pagbabantay rito nang maigi?” Hindi nila itinuturing na tungkulin nila ang bagay na ito. Hindi ba't kawalan ito ng pagkatao? (Oo.) Ito ay isang pagpapamalas ng kawalan ng pagkatao. Ano ang tawag dito? Ang tawag dito ay pagiging hindi maaasahan. Ipinagkatiwala ng Diyos ang gawaing ito sa iyo, at ibinigay sa iyo ang mga tungkuling dapat mong gampanan—ito ay parte ng trabaho mo. Dapat mong pangasiwaan nang maayos ang mga bagay na ito, isa-isang isinasakatuparan ang mga ito, sinusunod ang mga hinihinging prinsipyo ng Diyos at ang mga pagsasaayos ng gawain sa sambahayan ng Diyos, at isinasaayos ang mga ito nang tama, pagkatapos, matutupad na ang iyong responsabilidad. Pero mayroon bang ganitong pag-iisip o ideya ang mga anticristo? (Wala.) Wala talaga. Ito ay ganap na kawalan ng pagkatao. Ano ang partikular na pagpapamalas ng kawalan ng pagkatao? Ito ay ang walang pakialam sa pagkakaroon ng konsensiya o katwiran, at pagiging makasarili at kasuklam-suklam, pagiging hindi mapagkakatiwalaan, pagiging hindi maaasahan, at pagiging hindi karapat-dapat pagkatiwalaan ng anumang bagay.

Pagdating sa mga usapin ng mga tauhan sa loob ng iglesia, tulad ng kung sino ang gumagawa ng partikular na gawain sa kung saan, kung ginagawa ba nila ito nang tama, kung epektibo ba nilang ginagampanan ang kanilang tungkulin, kung may lumabas na mga pagkakataon ng pagkagambala o kaguluhan, o kung ano ang feedback ng mga kapatid, ang mga anticristo ay hindi kailanman detalyadong nag-uusisa o nagsasaayos ukol sa mga bagay na ito. Halimbawa, kapag hinihiling ng sambahayan ng Diyos sa kanila na magbigay ng iba't ibang uri ng indibidwal na may talento, sinusulyapan lang ng mga anticristo ang mga nakasulat na pagpapakilala ng mga indibidwal na ito nang hindi partikular na inaalam o inuusisa ang kanilang mga sitwasyon—halimbawa, kung ang mga indibidwal na ito ay may pundasyon sa kanilang pananalig, kung kumusta ang kanilang pagkatao, kung kaya nilang tanggapin ang katotohanan, kung ang kanilang mga partikular na talento at teknikal na kasanayan ay naaayon sa mga pamantayang hinihingi ng sambahayan ng Diyos, at kung sila ay angkop na linangin at umako ng mahahalagang tungkulin. Pabasta-basta lang na ginagawa ng mga anticristo ang mga bagay na ito, nagpapakitang-tao sila, sandaling sinusuri ang mga nakasulat na pagpapakilala, at iyon na iyon. Hindi talaga sila kailanman nakikisalamuha sa mga sinasabing indibidwal, ni naghahanap ng detalyado o malalim na pag-unawa sa mga ito. Dahil dito, karamihan sa mga taong pinipili nila ay natitiwalag sa huli dahil hindi nagampanan ng mga ito ang kanilang mga tungkulin o hindi naasikaso ang nararapat na gawain ng mga ito. Paano tinitingnan ng mga anticristo ang sitwasyong ito? “Hindi naman itinataas ang ranggo ko sa paggawa ng mga tungkuling ito; wala akong parte sa mga ito. Ano ang pagkakaiba kung sino ang pupunta? Hangga’t inaaprubahan ko ang mga rekomendasyon at ibinibigay ang mga taong ito, ibig sabihin niyon ay ginagawa ko ang aking trabaho. Bukod pa rito, ang mga indibidwal na itinaas ang ranggo ay magkakaroon ng utang na loob sa akin. Hindi ko na problema iyon kung angkop man silang linangin o hindi.” Kung ang mga anticristo ay nagbibigay ng mga hindi angkop na indibidwal, na nagdudulot ng mga hadlang sa gawain ng sambahayan ng Diyos, may pananagutan ba sila? (Oo.) Malaki ang kanilang pananagutan, pero ang mga diyablong ito ay hindi man lang nagsasagawa ng anumang maingat na pagsusuri. Sabi ng ilan, “Sa mga partikular na lugar na may malulupit na kapaligiran, hindi namin nagagawang makipag-ugnayan sa mga tao nang harapan. Paano namin sila maingat na masusuri?” Gaano man kalupit ang kapaligiran, mayroon pa ring mga pamamaraan at diskarte para pangasiwaan ang mga usaping ito. Depende ito kung responsable ka at tunay na nakatuon. Hindi ba’t tama iyon? (Oo.) Kung ibinibigay mo ang iyong katapatan at pagiging responsable, kahit hindi ideyal ang kalalabasan, sinisiyasat at alam ito ng Diyos, at hindi ikaw ang mananagot. Pero kung hindi mo ibibigay ang iyong katapatan at pagiging responsable, kahit na hindi magkaroon ng problema at hindi ito humantong sa anumang masamang kahirinatnan sa huli, sisiyasatin ito ng Diyos. Magkaiba ang kalikasan ng dalawang pamamaraang ito, at tatratuhin din ng Diyos nang magkaiba ang mga ito. Nagpapakana rin ang mga anticristo pagdating sa pagbibigay ng mga tao,

mayroon din silang mga makasarili at kasuklam-suklam na motibo, at wala silang katapatan. Kahit ano pa ang kanilang ginagawa, ang mga anticristo ay may sariling mga kalkulasyon at hindi sila sumusunod sa mga prinsipyo. Higit pa rito, para magawa nang maayos ang kongkretong gawain, kailangan nilang magpakita ng kanilang mukha, maglibot-libot para makipagkita sa mas maraming tao, magtiis ng mga paghihirap, at sumuong sa mga panganib. Sa sandaling may kinalaman ang isang bagay sa kanilang sariling seguridad, nagsisimula na namang muling magkalkula ang mga anticristo, at nabubunyag ang kanilang kalikasan. Ano ang nabubunyag? Naniniwala sila na ang pakikipag-ugnayan sa napakaraming tao ay isang panganib sa kanilang sariling seguridad, at na hindi sila puwedeng basta-bastang makipag-ugnayan sa mga tao. Hindi nakikipag-ugnayan ang mga anticristo sa mga dapat nilang kausapin at hindi sila nakikipagkita sa kahit sino, sa halip ay naghahanap sila ng isang ligtas na lugar na matutuluyan, nagtatago at walang ibang ginagawa kundi mga simpleng gampanin. Tungkol naman sa kung gaano kaayos ang pagkakagawa sa iba pang aspekto ng gawain, kung may mga tao bang nagsasanhi ng mga kaguluhan, o kung ang mga pagsasaayos ng gawain, iba't ibang aklat ng mga salita ng Diyos, o mga naitalang sermon ay naipamamahagi ba, hindi kailanman gumagawa ng mga partikular na pagsasaayos o pag-uusisa ang mga anticristo tungkol sa mga bagay na ito. Hindi ibig sabihin na kailangan nilang sumuong sa mga panganib, magpakita ng kanilang mukha, at makaranas ng problema para maituring na tapat. Ano ang isyu rito? Sino ang makakapagpaliwanag? (Noong una nilang sinimulan ang gawaing ito, hindi nila kailanman isinaalang-alang kung paano ito gagawin nang maayos o kung ang mga inirekomendang tauhan ay angkop ba, at hindi sila kailanman kumilos nang buong puso o tumupad sa kanilang responsibilidad. Hindi nila naisip ang mga bagay na ito kahit kailan.) Sadyang wala silang ipinapakitang katapatan. May kaibahan sa kalikasan ng kung paano gumagawa ang mga taong may katapatan sa Diyos kumpara sa mga taong wala nito. Kapag kapwa sila nahaharap sa mga bagay na may kinalaman sa panganib, nagagawa ng mga taong may katapatan na humarap sa panganib at gawin ang kanilang gawain, gamit ang karunungan at mga pamamaraan para ipatupad ang mga pagsasaayos ng gawain. Gayumpaman, hindi nakikibahagi ang mga anticristo sa kongkretong gawain, may sangkot man na panganib o wala, at hindi nila kailanman naipapatupad ang mga pagsasaayos ng gawain. Iyan ang pagkakaiba. Maaaring pasalitang nagtatanong ang mga anticristo tungkol sa sitwasyon ng iglesia, sa iba't ibang gampanin, at iba pa, ngunit kahit ang kanilang mga pag-uusisa ay mga pormalidad lamang, gumagawa lamang sila ng pang-ibabaw na pagsisikap, at hindi talaga sila metikuloso tungkol sa mga ito. Sa panlabas, maaaring mukhang gumagawa sila ng kongkretong gawain, pero ang totoo, hindi nila naiintindihan ang gawain, hindi sila nagtatala, hindi nila ito pinagninilay-nilayan, at hindi sila nagdarasal o naghahanap. Hindi sila gumugugol ng lakas sa pag-iisip kung paano umuusad ang iba't ibang parte ng gawain, o kung sino ang responsable sa mga aspekto kung saan hindi nagawa nang maayos ang mga bagay-bagay, o kung sinong mga lider ng iglesia ang maaaring hindi

angkop, o kung saan hindi naipatupad ang gawain. Hindi nila isinasaalang-alang ang mga bagay na ito, iniraraos lang nila ang gawain, at kapag natutukoy nila ang mga isyu, hindi nila nilulutas ang mga ito. Ang ilang di-umano'y lider ay pinagsasama lang ang mga tao para sa mga pagtitipon, nag-uusisa tungkol sa sitwasyon, at nagsusuri at nagsisiyasat sa gawain. Sa sandaling may sangkot na kongkretong gawain, at hinihingi nitong magdusa at magbayad sila ng halaga, na maaaring maglagay sa kanilang personal na seguridad sa panganib, at may kasamang partikular na antas ng hirap, hindi nila ito ginagawa. Humihinto sila sa gawain sa puntong iyon, inuuna ang pangangalaga sa kanilang sarili. Kahit na kapag nakakapansin sila ng mga isyu, hindi sila gumagawa ng mga partikular na pagsasaayos. Kung kilala sila sa kanilang pananalig, at nanganganib na mahuli, ipinagkakatiwala ba nila ang mga gampaning ito sa iba? Hindi. Hindi nila isinasaayos na gawin ng ibang tao ang mga gampaning ito, at iyon ang problema. Kung gayon, ano ang diwang ibinubunyag ng mga ganitong tao? Wala silang katapatan, makasarili at kasuklam-suklam sila, at isinasaalang-alang lang nila ang kanilang sariling seguridad sa lahat ng bagay. Hindi nila kailanman inuusisa ang tungkol sa kung naipapatupad ba ang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, o ang tungkol sa pag-usad ng gawain ng sambahayan ng Diyos, at wala silang pakialam sa mga bagay na ito. Hindi nila ibinigay ang kanilang katapatan, at hindi nila ipinapakita ang kanilang katapatan. Para sa kanila, sapat na ang iraos lang ang gawain tungkol sa mga bagay na ito; itinuturing nila ito na paggawa ng gawain. Kung maliit ang panganib, maaaring atubiling gagawa sila ng kaunting gawain. Pero kung malaki ang panganib, at may posibilidad na mahuli sila, hindi nila ito gagawin, gaano man kahalaga ang gampanin. Iyan ang diwa ng mga anticristo. Sa kaibuturan ng kanilang puso, hangga't ligtas ang kanilang mga interes, kaya nilang ipagkanulo ang kahit sino. Nakakamit ang kanilang mga interes kapalit ang mga interes ng sambahayan ng Diyos; para sa kanila, ang kanilang interes ang pinakamahalaga. Kaya bang maging tapat ng mga anticristo kapag umaako sila ng tungkulin? (Hindi, hindi nila kaya.) Imposible para sa kanila ang magkaroon ng katapatan. Kaya ba nilang isaalang-alang ang buhay at seguridad ng kanilang mga kapatid? (Hindi nila kaya.) Pagdating sa kanilang sariling seguridad, sarili lamang nila ang iniingatan ng mga anticristo, itinutulak nila ang kanilang mga kapatid sa umaapoy na hukay, at ginagamit ang mga ito bilang mga sakripisyo. Iyan ang kalikasang diwa ng mga anticristo.

Bukod sa pagsasaalang-alang sa sarili nilang seguridad, ano pa ang iniisip ng ilang partikular na anticristo? Sinasabi nila, "Ngayon, hindi maganda ang kapaligiran natin, kaya, huwag na nating gaanong ipakita ang ating mukha at bawasan na rin ang pangangaral ng ebanghelyo. Sa ganitong paraan, mas maliit ang tsansa natin na mahuli, at hindi masisira ang gawain ng iglesia. Kung iiwasan natin na mahuli tayo, hindi tayo magiging Hudas, at magagawa nating manatili sa hinaharap, hindi ba?" Hindi ba't mayroong mga anticristo na gumagamit ng mga gayong dahilan para ilihis ang kanilang mga kapatid? Ang ilang anticristo ay takot na takot sa kamatayan at umiiral sa buhay nang walang

dangal; gusto rin nila ang reputasyon at katayuan, at handa silang umako ng mga tungkulin ng pamumuno. Bagama't alam nila na, "Hindi madaling pasanin ang gawain ng isang lider—kapag nalaman ng malaking pulang dragon na ginawa akong isang lider, magiging sikat ako, at baka mailagay ako sa listahan ng mga pinaghahanap, at kapag nahuli ako, manganganib ang buhay ko," alang-alang sa pagpapakasasa sa mga pakinabang ng katayuang ito, binabalewala nila ang mga panganib na ito. Kapag nagsisilbi sila bilang mga lider, nagpapakasasa lang sila sa kasiyahan ng kanilang laman, at hindi sila nakikibahagi sa aktuwal na gawain. Bukod sa kaunting pakikipag-ugnayan sa iba't ibang iglesia, wala na silang ginagawa pa. Nagtatago sila sa isang lugar at hindi nakikipagkita sa kahit sino, nananatili silang malayo, at hindi alam ng mga kapatid kung sino ang kanilang lider—ganoon katindi ang kanilang takot. Kaya, hindi ba't tama na sabihing sila ay mga lider sa pangalan lamang? (Oo.) Hindi sila nakikibahagi sa anumang aktuwal na gawain bilang mga lider; inaalala lamang nila ang pagtatago ng kanilang sarili. Kapag tinatanong sila ng iba, "Kumusta ang pagiging lider?" sinasabi nila, "Masyado akong abala, at alang-alang sa seguridad, kailangan kong magpalipat-lipat ng bahay. Masyadong nakakabagabag ang kapaligirang ito na hindi ako makatutok sa gawain ko." Palagi nilang nararamdaman na parang maraming mata ang nagmamasid sa kanila, at hindi nila alam kung saan ligtas na magtago. Bukod sa pagbabalatkayo, pagtatago sa iba't ibang lugar, at hindi pananatili sa isang lokasyon, hindi rin sila gumagawa ng aktuwal na gawain araw-araw. Mayroon bang mga ganitong lider? (Oo.) Anong mga prinsipyo ang sinusunod nila? Sinasabi ng mga taong ito, "Ang isang tusong kuneho ay may tatlong lungga. Para mabantayan ang sarili mula sa atake ng maninila, kailangang maghanda ng kuneho ng tatlong lungga na mapagtataguan. Kung nahaharap sa panganib ang isang tao at kinakailangang tumakas, pero walang mapagtataguan, katanggap-tanggap ba iyon? Dapat tayong matuto mula sa mga kuneho! Ang mga nilikhang hayop ng diyos ay may ganitong kakayahan na manatiling buhay, at dapat matuto ang mga tao mula sa mga ito." Simula nang umako ng mga tungkulin ng pamumuno ang mga anticristo, napagtanto nila ang doktrinang ito, at naniwala pa nga sila na nauunawaan na nila ang katotohanan. Sa realidad, lubha silang natatakot. Sa sandaling mabalitaan nila ang tungkol sa isang lider na naiulat sa pulis dahil hindi ligtas ang lugar na tinitirhan ng mga ito, o ang tungkol sa isang lider na tinarget ng mga espiya ng malaking pulang dragon dahil masyado itong madalas lumabas para gawin ang tungkulin nito at nakipag-ugnayan ito sa napakaraming tao, at kung paano nauwi ang mga taong ito sa pagkakaaresto at pagkakasentensiya, sila ay agad na natatakot. Iniisip nila, "Hala! Ako na ba ang susunod na huhulihin? Dapat akong matuto mula rito. Hindi ako dapat masyadong aktibo. Kung maiiwasan ko ang ilang gawain ng iglesia, hindi ko ito gagawin. Kung maiiwasan kong ipakita ang aking mukha, hindi ko ito ipapakita. Babawasan ko ang gawain ko hangga't maaari, iiwasang lumabas, iiwasang makipag-ugnayan sa kahit sino, at tiyakin na walang nakakaalam na ako ay isang lider. Sa panahon ngayon, sino ang kayang mag-alala para sa iba? Ang pananatiling buhay pa

lang ay malaking hamon na!” Simula nang tanggapin ang tungkulin ng pagiging lider, bukod sa pagdadala ng isang bag at pagtatago, wala silang ginagawang anumang gawain. Sila ay nababalisa, palaging natatakot na mahuli at masentensiyahan. Ipagpalagay na may narinig silang nagsabi ng, “Kung mahuhuli ka nila, papatayin ka! Kung hindi ka naging lider, kung isa ka lang ordinaryong mananampalataya, maaaring palalayain ka nila pagkatapos lang magbayad ng kaunting multa, pero dahil lider ka, hindi natin ito masasabi. Masyado itong mapanganib! Ang ilang lider o manggagawa na nahuli ay tumangging magbigay ng anumang impormasyon at binugbog sila ng mga pulis hanggang mamatay.” Kapag nababalitaan nila na may isang taong binugbog hanggang mamatay, lalong tumitindi ang kanilang pangamba, at mas lalo silang natatakot na gumawa. Araw-araw, ang iniisip lang nila ay ang kung paano maiiwasang mahuli, paano maiiwasang magpakita ng kanilang mukha, paano maiiwasang masubaybayan, at paano maiiwasang makipag-ugnayan sa kanilang mga kapatid. Pinipiga nila ang kanilang utak sa kakaisip tungkol sa mga bagay na ito at tuluyan nang nakakalimutan ang kanilang mga tungkulin. Mga tapat na tao ba ang mga ito? Kaya bang pangasiwaan ng mga ganitong tao ang anumang gawain? (Hindi, hindi nila kaya.) Ang mga ganitong tao ay sadyang mahina ang loob, at talagang hindi natin sila maaaring ilarawan bilang mga anticristo batay lang sa pagpapamalas na ito, pero ano ang kalikasan ng pagpapamalas na ito? Ang diwa ng pagpapamalas na ito ay yaong sa isang hindi mananampalataya. Hindi sila naniniwala na kayang protektahan ng Diyos ang seguridad ng mga tao, at lalong hindi sila naniniwala na ang pag-aalay ng sarili sa paggugol para sa Diyos ay isang paglalaan ng sarili sa katotohanan, at na isa itong bagay na sinasang-ayunan ng Diyos. Wala silang takot sa Diyos sa kanilang puso; kay Satanas lang sila natatakot at sa mga buktot na partidong pampolitika. Hindi sila naniniwala sa pag-iral ng Diyos, hindi sila naniniwala na ang lahat ng bagay ay nasa mga kamay ng Diyos, at lalong hindi sila naniniwala na sasang-ayunan ng Diyos ang isang taong gumugugol ng lahat para sa Kanya, at alang-alang sa pagsunod sa Kanyang daan, at pagkumpleto sa Kanyang atas. Hindi nila nakikita ang alinman dito. Ano ang pinaniniwalaan nila? Naniniwala sila na kung mahuhulog sila sa mga kamay ng malaking pulang dragon, mapapahamak ang sarili nila, maaaring masentensiyahan sila o manganib na mawalan ng buhay. Sa puso nila, isinasaalang-alang lang nila ang kanilang sariling seguridad at hindi ang gawain ng iglesia. Hindi ba’t mga hindi mananampalataya ang mga ito? (Oo, ganoon sila.) Ano ang sinasabi ng Bibliya? “Ang mawalan ng buhay dahil sa Akin ay makasusumpong niyaon” (Mateo 10:39). Naniniwala ba sila sa mga salitang ito? (Hindi, hindi sila naniniwala.) Kung hihilingin sa kanila na sumuong sila sa panganib habang ginagawa nila ang kanilang tungkulin, gugustuhin nilang magtago at hindi magpakita kahit kanino—gugustuhin nilang maging hindi-nakikita. Ganito kalaki ang kanilang takot. Hindi sila naniniwala na ang Diyos ang sandigan ng tao, na ang lahat ng bagay ay nasa mga kamay ng Diyos, na kung talagang may mangyayaring hindi maganda o mahuhuli sila, ito ay pinahihintulutan ng Diyos, at na dapat magkaroon ng pusong nagpapasakop ang mga tao. Ang mga taong ito

ay hindi nagtataglay ng ganitong puso, ganitong pang-unawa, o kahandaan. Tunay ba silang nananampalataya sa Diyos? (Hindi.) Hindi ba't ang diwa ng pagpapamalas na ito ay yaong sa isang hindi mananampalataya? (Oo.) Ganoon iyon. Ang mga ganitong tao ay sobrang mahina ang loob, labis na natatakot, at takot sa pisikal na paghihirap at takot na may masamang mangyari sa kanila. Natatakot sila na parang mga matatakuting ibon at hindi na nila magampanan ang kanilang gawain. Ang uri ng tao na pinag-usapan natin kanina ay talagang hindi gumagawa ng anumang gawain man lang, kahit na kaya nila itong gawin. Kahit na alam nila na may isyu, hindi nila ito pangangasiwaan. Pinoprotektahan lang nila ang kanilang sarili, at labis silang makasarili at kasuklam-suklam. Ang dalawang uri ng tao na ito ay mga hindi mananampalataya. Ang unang uri ay tuso at mapanlinlang, takot sa hirap at pagod, nag-aalala sa kanilang laman, at hindi nakikibahagi sa aktuwal na gawain. Ang pangalawang uri ay mahina ang loob at natatakot, hindi naglalakas-loob na gumawa ng aktuwal na gawain, at natatakot na mahuli at usigin ng malaking pulang dragon. Hindi ba't may pagkakaiba sa dalawang uri ng tao na ito? (Oo.)

Mayroon ba kayong mga halimbawang nalalaman tungkol sa kung paano pinoprotektahan ng mga anticristo ang kanilang sariling seguridad? (O Diyos, may alam akong halimbawa. May isang iglesia na nahuli ng malaking pulang dragon dahil kontrolado ito ng isang anticristo na nagwawala sa paggawa ng masasamang bagay, at ang mga lider, diyakono, at ilang kapatid ay nahuli lahat. Noong panahong iyon, takot ang anticristo na mahuli. Nang hindi gumagawa ng mga pagsasaayos para sa gawaing pangangasiwa ng resulta ng pangyayari, nagtago siya sa isang liblib na lugar. Tumanggi pa nga siyang manatili sa isang pamilyang nagho-host, at sa halip ay iginiit niyang gamitin ang mga handog para magrenta ng lugar. Dahil hindi siya gumawa ng mga nararapat na pagsasaayos para sa mga sumunod na gawain at hindi maagap na inalis ang mga nakatagong panganib, naaresto ang ilang kapatid pagkatapos, at napilitang huminto ang gawain ng iglesia. Malinaw na ang mga anticristo ay sobrang makasarili at kasuklam-suklam. Sa mga kritikal na sandali, pinoprotektahan lang nila ang kanilang mga sariling interes at hindi nila pinoprotektahan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos.) Ang mga anticristo ay lubhang makasarili at kasuklam-suklam. Wala silang tunay na pananalig sa Diyos, lalong wala silang katapatan sa Diyos; kapag nahaharap sila sa isyu, sarili lamang nila ang kanilang pinoprotektahan at iniingatan. Para sa kanila, wala nang mas mahalaga pa kaysa sa sarili nilang seguridad. Hangga't maaari silang mabuhay at hindi maaaresto, wala silang pakialam kung gaano kalaki ang pinsalang naidulot sa gawain ng iglesia. Labis na makasarili ang mga taong ito, hindi man lang nila iniisip ang mga kapatid, o ang gawain ng iglesia, sariling seguridad lamang nila ang kanilang iniisip. Sila ay mga anticristo. Kaya, kapag may gayong mga pangyayari sa mga tapat sa Diyos at sa may tunay na pananalig sa Diyos, paano nila hinaharap ito? Paanong naiiba sa ginagawa ng mga anticristo ang kanilang ginagawa? (Kapag nangyayari ang mga gayong bagay sa mga tapat sa Diyos, mag-iisip sila ng kahit anong

paraan para mapangalagaan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, para maiwasan ang mga kawalan sa mga handog ng Diyos, at gagawa sila ng mga kinakailangang pagsasaayos para sa mga lider at manggagawa, at sa mga kapatid, upang mabawasan ang mga kawalan. Samantala, sinisiguro muna ng mga anticristo na protektado ang kanilang sarili. Hindi nila iniintindi ang gawain ng iglesia o sa seguridad ng mga hinirang ng Diyos, at kapag nahaharap sa mga pang-aaresto ang iglesia, nagreresulta ito sa kawalan sa gawain ng iglesia.) Tinatalikuran ng mga anticristo ang gawain ng iglesia at ang mga handog ng Diyos, at hindi nila isinasaayos na pangasiwaan ng mga tao ang mga kasunod na gawain. Katulad ito ng pagpapahintulot sa malaking pulang dragon na kamkamin ang mga handog ng Diyos at ang Kanyang mga hinirang. Hindi ba't isa itong di-tuwirang pagkakanulo sa mga handog ng Diyos at sa Kanyang mga hinirang? Kapag malinaw na alam ng mga tapat sa Diyos na mapanganib ang isang kapaligiran, hinaharap pa rin nila ang panganib ng paggawa sa gawain ng pangangasiwa sa mga kasunod na gawain, at sinisikap nilang panatilihin kakaunti lang ang mga kawalan sa sambahayan ng Diyos bago sila mismo ang umatras. Hindi nila inuuna ang kanilang sariling seguridad. Sabihin mo sa Akin, sa buktot na bansang ito ng malaking pulang dragon, sino ang makatitiyak na walang anumang panganib sa pananampalataya sa Diyos at sa paggawa ng isang tungkulin? Anuman ang tungkuling akuin ng isang tao, may nakapaloob na panganib dito—gayumpaman, ang paggampan sa tungkulin ay iniatas ng Diyos, at habang sinusunod ang Diyos, dapat akuin ng isang tao ang panganib sa paggawa ng kanyang tungkulin. Dapat gumamit ng karunungan ang isang tao, at kailangan niyang gumamit ng mga hakbang para matiyak ang kanyang seguridad, ngunit hindi niya dapat unahin ang pansarili niyang seguridad. Dapat niyang isaalang-alang ang layunin ng Diyos, unahin ang gawain ng sambahayan ng Diyos, at unahin ang pagpapalaganap ng ebanghelyo. Ang pagkumpleto sa atas ng Diyos sa kanya ang pinakamahalaga, at ito ang prayoridad. Pangunahing prayoridad ng mga anticristo ang kanilang personal na seguridad; naniniwala sila na walang anumang kinalaman sa kanila ang iba pang bagay. Wala silang pakialam kapag may nangyayari sa ibang tao, kahit sino man ito. Hangga't walang masamang nangyayari sa mismong mga anticristo, panatag ang pakiramdam nila. Wala silang anumang katapatan, na natutukoy sa kalikasang diwa ng mga anticristo. Sa kapaligiran ng mainland Tsina, posible bang maiwasang sumuong sa anumang panganib at tiyaking walang masamang mangyayari habang ginagampanan ang tungkulin? Kahit ang pinakamaingat na tao ay hindi makakatiyak niyon. Ngunit ang pagiging maingat ay kinakailangan. Ang pagiging handa nang maaga ay makakapagpabuti nang kaunti sa mga bagay-bagay, at makakatulong ito na mabawasan ang mga kawalan kapag nagkakaproblema. Kung walang anumang paghahanda man lang, magiging malaki ang mga kawalan. Nakikita mo ba nang malinaw ang kaibahan ng dalawang sitwasyong ito? Samakatwid, tungkol man ito sa mga pagtitipon o sa paggampan ng anumang uri ng tungkulin, pinakamainam na maging maingat, at kinakailangang magsagawa ng ilang hakbang na pang-iwas. Kapag ang

isang tapat na tao ay gumagampan sa kanyang tungkulin, maaari siyang mag-isip nang mas komprehensibo at masusi. Gusto niyang isaayos nang mabuti ang mga bagay na ito sa abot ng kanyang makakaya para kung magkakaproblema man, mababawasan ang mga kawalan. Pakiramdam niya ay dapat niyang matamo ang resultang ito. Ang isang taong walang katapatan ay hindi nagsasaalang-alang sa mga bagay na ito. Iniisip niya na hindi mahalaga ang mga bagay na ito, at hindi niya itinuturing ang mga ito bilang kanyang responsabilidad o tungkulin. Kapag may nangyayaring hindi maganda, wala siyang nararamdamang anumang paninisi sa kanyang sarili. Ito ay isang pagpapamalas ng kawalan ng katapatan. Ang mga anticristo ay walang ipinapakitang katapatan sa Diyos. Kapag inaatasan sila ng gawain, masaya nila itong tinatanggap, at gumagawa sila ng ilang magagandang deklarasyon, ngunit kapag dumarating ang panganib, tumatakbo sila nang napakabilis; sila ang unang tumatakbo, ang unang tumatakas. Ipinapakita nito na ang kanilang pagiging makasarili at kasuklam-suklam ay talagang malala. Wala silang anumang pakiramdam ng responsabilidad o katapatan man lang. Kapag nahaharap sa isang problema, ang alam lang nila ay tumakas at magtago, at iniisip lang nila ang pagprotekta sa kanilang sarili, hindi kailanman isinasaalang-alang ang kanilang mga responsabilidad o tungkulin. Alang-alang sa kanilang pansariling seguridad, palaging ipinapakita ng mga anticristo ang kanilang makasarili at kasuklam-suklam na kalikasan. Hindi nila inuuna ang gawain ng sambahayan ng Diyos o ang kanilang sariling mga tungkulin. Lalong hindi nila inuuna ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Sa halip, inuuna nila ang sarili nilang seguridad.

Hindi ba't ang subseksiyong pinagbahaginan natin ay nauugnay sa ikasiyam na aytem ng iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo—hindi nila kailanman isinasaalang-alang ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, at ipinagkakanulo pa nga ang mga interes na iyon, ipinagpapalit ang mga iyon para sa kanilang personal na kaluwalhatian? (Oo.) Para maprotektahan ang kanilang sarili, para maiwasan ang panganib at pisikal na pagdurusa, nagpapakita ang mga anticristo ng pabasta-bastang saloobin tungo sa gawain ng sambahayan ng Diyos at sa kanilang sariling mga tungkulin. Humahawak sila ng mga posisyon nang hindi talaga gumagawa ng aktuwal na gawain. Hindi ba't pagkakanulo ito sa mga interes ng sambahayan ng Diyos? Hindi ba't ito ay pagbabalewala sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, sa gawain ng Diyos, at sa kanilang sariling mga responsabilidad, kapalit ng personal na seguridad? (Oo.) Ang mga pagpapamalas na hinimay-himay natin sa subseksiyong ito ay lubusang naglalantad sa makasarili at kasuklam-suklam na diwa ng mga anticristo. Ano ang pangunahing napagbahaginan natin tungkol dito? Ang mga anticristo, dahil sa takot na magkaproblema at para maingatan ang kanilang sarili, ay hindi tumutupad sa kanilang mga tungkulin, at hindi nagpapakita ng anumang katapatan sa Diyos. Mayroon bang anumang katotohanang realidad sa pagpapamalas na ito? Hindi ba't ito ay kawalan ng konsensiya at katwiran? Ito ay isang ganap na kawalan ng pagkatao!

B. Ang Sarili Nilang Reputasyon at Katayuan

Ipagpatuloy natin ang ikalawang subseksiyon ng pagbabahaginan, ang sariling reputasyon at katayuan ng mga anticristo. Nakapaloob din dito ang mga interes ng mga anticristo. Ngayon, ang tatlong subseksiyong ito na tinatalakay natin: ang sariling seguridad ng mga anticristo, ang kanilang sariling reputasyon at katayuan, at ang kanilang mga pakinabang—lahat ng ito ay may kaugnayan sa sariling mga interes ng mga anticristo. Mayroon ba itong anumang kaugnayan sa gawain ng sambahayan ng Diyos? (Oo, mayroon.) Ano ang kaugnayan nito? (Maaaring guguluhin at sisirain ng mga anticristo ang gawain ng iglesia para lang maingatan ang kanilang sarili at mapangalagaan ang kanilang reputasyon at katayuan.) Pinipinsala ng mga anticristo ang mga interes ng sambahayan ng Diyos at ang gawain ng iglesia upang mapangalagaan ang kanilang sariling mga interes. Kung titingnan ang makasarili at kasuklam-suklam na kalikasan ng mga anticristo, ano ang pinahahalagahan ng ganitong uri ng tao, bukod pa sa labis na pagpoprotekta sa kanilang sariling seguridad? (Gustong-gusto nila ng reputasyon at katayuan.) Tama iyan. Gustong-gusto ng mga anticristo ng reputasyon at katayuan. Ang reputasyon at katayuan ang dugong nagbibigay-buhay sa kanila; pakiramdam nila ay walang kabuluhan ang buhay kung walang reputasyon at katayuan, at wala silang lakas na gumawa ng anumang bagay kung walang reputasyon at katayuan. Para sa mga anticristo, kapwa ang reputasyon at katayuan ay mahigpit na nakatali sa kanilang mga pansariling interes; ang mga ito ang kanilang malubhang kahinaan. Kaya naman lahat ng ginagawa ng mga anticristo ay umiikot sa katayuan at reputasyon. Kung hindi dahil sa mga bagay na ito, baka hindi man lang sila gumawa ng anumang gawain. May katayuan man ang mga anticristo o wala, ang layong ipinaglalaban nila, ang direksiyon na kanilang pinagsusumikapan ay patungo sa dalawang bagay na ito—reputasyon at katayuan. Kapag nananampalataya sila sa Diyos sa isang awtokratikong kapaligiran tulad ng mainland Tsina, hindi isinasaalang-alang ng mga anticristo ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, para lang matiyak ang kanilang sariling seguridad. Parte ng kanilang ginagawa ay ang puspusang paghahangad sa katayuan, mahigpit na pagkapit sa kapangyarihan, at pagkokontrol sa iglesia. Ang isa pang parte ay palagi silang nagsasalita, gumagawa, naglilibot, at nagpapakapagod alang-alang sa kanilang sariling reputasyon at katayuan. Ito ang sentro kung saan umiikot ang lahat ng sinasabi at ginagawa ng mga anticristo. Hindi sila kailanman gumagawa ng anumang aktuwal na gawain para sa buhay pagpasok ng mga hinirang ng Diyos, at hindi sila kailanman gumagawa ng anumang aktuwal na gawain sa pagpapalaganap ng ebanghelyo ng kaharian. Kapag nagbabayad sila ng halaga, tingnan ninyo kung bakit sila nagbabayad ng halaga. Kapag masigasig silang nagdedebate tungkol sa isang isyu, tingnan kung bakit sila nagdedebate tungkol dito. Kapag pinag-uusapan o kinokondena nila ang isang tao, tingnan kung ano ang intensiyon at layong mayroon sila. Kapag masama ang loob nila o nagagalit sila tungkol sa isang bagay, tingnan kung anong disposisyon ang

ibinubunyag nila. Hindi nakikita ng mga tao ang nasa loob ng puso ng tao, pero nakikita ito ng Diyos. Kapag tinitingnan ng Diyos ang nasa loob ng puso ng mga tao, ano ang ginagamit Niya para sukatin ang diwa ng mga sinasabi at ginagawa ng mga tao? Ginagamit Niya ang katotohanan para sukatin ito. Sa mga mata ng tao, ang pagpoprotekta sa sariling reputasyon at katayuan ay nararapat. Kung gayon, bakit ito inilalarawan sa mga mata ng Diyos bilang ang pagbubunyag at pagpapahayag ng mga anticristo, at bilang ang diwa ng mga anticristo? Nakabatay ito sa pinagmumulan at motibasyon ng mga anticristo sa lahat ng kanilang ginagawa. Sinisiyasat ng Diyos ang kanilang pang-udyok at motibasyon sa kanilang ginagawa, at sa huli, natutukoy ng Diyos na ang lahat ng kanilang ginagawa ay para sa kanilang sariling reputasyon at katayuan, sa halip na para sa paggawa ng kanilang tungkulin, at lalong hindi para sa pagsasagawa ng katotohanan at pagpapasakop sa Diyos.

Hinahangad ng mga anticristo ang reputasyon at katayuan, kaya tiyak na nagsasalita at gumagawa rin sila para maitaguyod ang kanilang reputasyon at katayuan. Pinahalagahan nila ang kanilang reputasyon at katayuan nang higit sa lahat. Kung may isang tao sa paligid nila na may mahusay na kakayahan at naghahangad sa katotohanan, at nakakamit ng taong ito ang kaunting katanyagan sa mga kapatid at napipiling maging lider ng isang pangkat, at talagang hinahangaan at sinasang-ayunan ng mga kapatid ang taong ito, ano ang magiging reaksiyon ng mga anticristo? Tiyak na hindi sila matutuwa rito, at uusbong ang inggit sa loob nila. Kung nagkikimkim ng inggit ang mga anticristo, sabihin mo sa Akin, kaya ba nilang magpigil ng sarili? Hindi ba't kailangan nilang may gawin tungkol dito? (Oo.) Ano ang gagawin nila kung talagang naiinggit sila sa taong ito? Sa isip nila, tiyak na gagawa sila ng ganitong uri ng pagkakalkula: “Medyo mahusay ang kakayahan ng taong ito, mayroon siyang kaunting pagkaunawa sa propesyong ito, at mas malakas siya kaysa sa akin. Kapaki-pakinabang ito para sa gawain ng sambahayan ng diyos, ngunit hindi para sa akin! Aagawin ba nila ang posisyon ko? Kung talagang papalitan nila ako balang araw, hindi ba't magiging problema iyon? Dapat akong maunang kumilos. Kung kaya nilang tumayo sa kanilang sariling mga paa balang araw, hindi na magiging madali para sa akin na alisin sila. Mas mabuting ako ang unang umaksiyon. Kung magpapaliban ako at hahayaan silang ilantad ako, sino ang nakakaalam kung ano ang magiging mga kahihinatnan. Kaya, paano ako makakagawa ng aksyon? Kailangan kong makahanap ng dahilan, makahanap ng pagkakataon.” Sabihin ninyo sa Akin, kung nais ng mga tao na pahirapan ang isang tao, hindi ba't madali para sa kanila na makahanap ng dahilan at pagkakataon na gawin ito? Ano ang isa sa mga taktika ng diyablo? (“Siya na nakaisip na paluin ang kanyang aso ay madaling matatagpuan ang kanyang pamalo.”) Mismo, “Siya na nakaisip na paluin ang kanyang aso ay madaling matatagpuan ang kanyang pamalo.” Sa mundo ni Satanas, umiiral ang ganitong uri ng lohika, at nangyayari ang ganitong bagay. Hindi ito umiiral sa Diyos sa anumang paraan. Ang mga anticristo ay kay Satanas at sila ang pinakasanay sa paggawa ng mga bagay na ito. Pagbubulayan nila ito: “Siya na nakaisip na paluin ang kanyang aso ay madaling

matatagpuan ang kanyang pamalo. Paparatangan kita, maghahanap ng pagkakataon na pahirapan ka, susupilin ang iyong kayabangan at pagmamalaki, at pipigilan ang mga kapatid sa pagpapahalaga sa iyo at pagpili sa iyo bilang lider ng pangkat sa susunod na pagkakataon. Pagkatapos, hindi ka na magiging isa pang banta sa akin, hindi ba? Kung maaalis ko ang potensiyal na problemang ito at ang katunggali na ito, hindi ba't mapapanatag na ako?" Kung ganito kagulo ang isipan nila, kaya ba nilang pigilan ang sarili sa pagkilos? Batay sa kalikasan ng mga anticristo, kaya ba nilang panatilihing nakabaon ang ideyang ito sa loob nila at hindi kumilos? Talagang hindi. Tiyak na maghahanap sila ng paraan para kumilos. Ito ang kalupitan ng mga anticristo. Bukod sa ganoon sila mag-isip, gusto rin nilang makamit ang layong ito. Kaya, desperado nilang pagbubulayan ang usaping ito, pinipiga ang kanilang utak. Hindi nila isinasaalang-alang ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, ni ang gawain ng iglesia. Lalong wala silang pakialam kung ang kanilang mga aksyon ay naaayon ba sa layunin ng Diyos. Ang iniisip lang nila ay kung paano mapananatili ang kanilang reputasyon at katayuan, kung paano mapapangalagaan ang kanilang kapangyarihan. Iniisip nila na ang kanilang katunggali ay nagdulot na ng banta sa kanilang katayuan, kaya sinusubukan nilang maghanap ng pagkakataon para pabagsakin ito. Kapag nalaman nila na tinanggal ng kanilang katunggali nang di kumokunsulta sa kanila ang isang taong palaging pabasta-bastang gumagawa ng kanyang tungkulin, ituturing nila ito bilang perpektong pagkakataon na paratangan ang kanilang katunggali. Sa harap ng mga kapatid, sasabihin nila, "Dahil narito ang lahat ngayon, ihain natin ang usaping ito para mahimay. Hindi ba't isang kilos ng diktadurya ang pagtatanggal sa isang tao nang walang awtorisasyon, nang hindi ito tinatalakay sa kanyang mga katrabaho o katuwang? Bakit gagawa ng gayong pagkakamali ang isang tao? Hindi ba't may problema sa kanyang disposisyon? Hindi ba't dapat siyang pungusan? Hindi ba't dapat siyang abandonahin ng mga kapatid?" Sinasamantala nila ang isyung ito at pinalalaki ito para siraan ang kanilang katunggali at itaas ang kanilang sarili. Ang totoo, hindi naman ganoon kalubha ang sitwasyon. Katanggap-tanggap lang naman na mag-ulat pagkatapos tanggalin ang isang miyembro ng pangkat o kapag binago ang pagkakatalaga ng kanyang tungkulin, basta't naaayon sa mga prinsipyo ang pagtatanggal at pagbabagong iyon sa ibang tungkulin. Gayumpaman, pinalalaki ng mga anticristo ang isyung ito. Sadya nilang inaatake ang kanilang katunggali at itinataas ang kanilang sarili. Hindi ba't ito ay isang pagpapamalas ng pagpapahirap sa iba? Malupit nilang pinupungusan ang kanilang katunggali, at pinalalaki ang kanilang mga paratang laban dito. Matapos marinig ang tungkol dito, iniisip ng mga kapatid, "Ano ang nangyayari dito? Parang may mali. Hindi umaayon sa realidad ang sinasabi nila! Ang taong may tungkuling binago ang pagkakatalaga ay hindi responsableng gumagawa ng kanyang tungkulin—iyon ay isang kinilalang katunayan. Tinanggal siya para maitaguyod ang gawain ng iglesia. Ang paggawa ng tungkulin sa ganitong paraan ay isang seryoso at responsableng pamamaraan, at isang pagpapamalas ng katapatan. Kaya bakit ito tinatawag na diktadura? Malinaw na isa itong kaso ng 'Siya na nakaisip na paluin ang

kanyang aso ay madaling matatagpuan ang kanyang pamalo'!" Ang sinumang may kaunting pagkaunawa sa katotohanan at kaunting pagkilatis ay agad na makakakilala na ang mga anticristong ito ay gumagamit lang ng kanilang kapangyarihan at ibinubunton nila ang kanilang mga pagkadismaya sa kanilang katunggali. Paanong matatawag ito na pag-ako ng responsabilidad sa gawain? Paanong pagpupungos ito sa tao? Pinalalaki ng mga anticristong ito ang isang bagay na wala namang kabuluhan: Ito ay simpleng pagganti at personal na paghihiganti. Nagmumula ito sa kalooban ng tao at kay Satanas, hindi ito nagmumula sa Diyos. Tiyak na hindi ito nagmumula sa isang saloobin ng pag-ako ng responsabilidad para sa gawain at para sa kanilang mga tungkulin—hindi iyon ang kanilang intensiyon. Masyadong malinaw na inilalantad ng mga anticristo ang kanilang mga intensiyon, at nakikita ito ng ilan. Nararamdaman ba iyon ng mga anticristo? (Oo.) Iyon ang katusuhan ng mga anticristo. Sila ang pinakasanay sa pangangalaga ng kanilang katayuan, sa nakalilinlang na argumento, sa pagkuha ng loob ng mga tao, at lalo na sa pagkakaroon ng "kabatiran" sa puso ng mga tao. Iniisip nila na, "Nakikilatis ko ang bawat saloobin sa puso ninyo. Marahil nauunawaan ninyo ang katotohanan, ngunit hindi ninyo ako makikilatis. Nakikilatis ko kayo. Kilala ko kung sino ang hindi kumbinsido sa mga sinasabi ko." Pero sinasabi ba nila ito? Hindi, hindi nila sinasabi. Ginagamit nila ang ilang nakakalugod na salita at ekspresyon para kumbinsihin ang lahat, para isipin ng mga ito na makatwiran sila sa pagpupungos sa taong iyon. Anong mga salita ang ginagamit nila? Sinasabi nila, "Hindi kita pinungusan dahil sa makasarili at personal na motibo. Sa realidad, walang personal na sama ng loob sa pagitan natin. Kaya lang, nang basta-basta mong inalis ang taong iyon mula sa kanyang tungkulin, napinsala nito ang mga interes ng sambahayan ng diyos. Puwede ba akong magbulag-bulagan sa bagay na iyon? Kung pinahintulutan kitang gawin iyon, pagiging iresponsable iyon sa parte ko. Hindi ko ito ginagawa para puntirya hin ka o ang sinumang partikular. Kung mali ako, puwede akong batikusin at sawayin ng mga kapatid. Hindi na ako tatakbo sa susunod na halalan." Kapag naririnig ito ng ilang tao, naguguluhan sila. Iniisip nila, "Mukhang nagkamali ako ng pagkaunawa sa kanila. Payag pa nga silang hindi tumakbo sa halalan. Hindi nila pinungusan ang taong iyon para makipagkompetensiya para sa katayuan, nakabatay ang kanilang kilos sa saloobin ng pag-ako ng responsabilidad para sa gawain ng iglesia. Walang mali rito." Nagawa na namang ilihis ng mga anticristong ito ang ilang tao. Hindi ba't tuso ang mga anticristo? (Oo, tuso sila.) Napakatuso nila! Masasabing pinipiga ng mga anticristo ang kanilang utak, sinasaliksik ang kaibuturan ng kanilang isipan, at ginagamit ang anumang pamamaraan na kinakailangan para sa kanilang reputasyon at katayuan. May isang partikular na kasabihan: "Suntok muna, bago yakap." Hindi ba't gagamitin ng mga anticristo ang taktikang ito? Pagkatapos ka nilang atakihin, maaaring magsasabi sila ng mga nakalulugod na salita para himukin ka, aluin ka, at iparamdam sa iyo na sila ay napakamapagparaya, mapagpasensiya, at mapagmahal. Sa huli, kailangan mo silang sang-ayunan at sabihing, "Tingnan ninyo, napakalinaw ng mga intensyon ng taong ito sa gawain niya, at napakagaling niya rito—napakahusay na

kasanayan! Malinaw na may taglay siyang mga katangian ng isang lider, at kumpara sa kanya ay pakiramdam nating lahat na wala tayong kakayahan.” Hindi ba’t naabot na ng mga anticristo ang kanilang layon kung gayon? Ito ang mga panlalansi ng mga anticristo.

Ang mga anticristo ay talagang taksil at tuso. Lahat ng sabihin nila ay pinag-isipang mabuti; wala nang mas mahusay pa sa kanila sa pagkukunwari. Ngunit sa sandaling lumabas na ang totoo, sa sandaling makita na ng mga tao kung ano talaga sila, ginagawa nila ang lahat para ipagtanggol ang kanilang sarili, at nag-iisip sila ng mga paraan para ayusin ang sitwasyon at magpanggap para lang makalusot bilang isang paraan para maisalba ang kanilang imahe at reputasyon. Ang mga anticristo ay namumuhay bawat araw para lamang sa reputasyon at katayuan, namumuhay lamang sila para magpakasasa sa mga pakinabang ng katayuan, ito lamang ang iniisip nila. Kahit kapag dumaranas nga sila ng kaunting paghihirap paminsan-minsan o nagbabayad ng kaunting halaga, ito ay alang-alang sa pagtatamo ng katayuan at reputasyon. Ang paghahangad ng katayuan, paghawak ng kapangyarihan, at pagkakaroon ng maginhawang buhay ang mga pangunahing bagay na laging binabalak ng mga anticristo sa sandaling manampalataya sila sa Diyos, at hindi sila sumusuko hanggang sa makamtan nila ang kanilang mga layon. Kung sakaling malantad ang kanilang masasamang gawa, matataranta sila, na para bang pagsusukluban sila ng langit. Hindi sila makakain o makatulog, at para silang wala sa ulirat, para silang dumaranas ng depresyon. Kapag tinatanong sila ng mga tao kung ano ang problema, nagsisinungaling sila at sinasabing, “Abalang-abala ako kahapon kaya hindi ako nakatulog buong magdamag, pagod na pagod ako.” Ngunit wala talagang totoo sa mga ito, lahat ito ay panlilinlang. Ganito ang pakiramdam nila dahil palagi nilang pinagbubulayan, “Nalantad na ang masasamang bagay na ginawa ko, kaya paano ko maipanunumbalik ang reputasyon at katayuan ko? Anong mga pamamaraan ang maaari kong gamitin para tubusin ang sarili ko? Anong tono ang maaari kong gamitin sa lahat para ipaliwanag ito? Ano ang maaari kong sabihin para hindi ako makilatis ng mga tao?” Sa loob ng matagal na panahon, hindi nila maisip kung ano ang gagawin, kung kaya’t nalulumbay sila. Kung minsan ay nakatitig sila sa iisang lugar nang wala namang nakikita, at walang nakakaalam kung ano ang tinitingnan nila. Dahil sa isyu ay pinipiga nila ang kanilang utak, napapagod sa kakaisip, at ayaw nilang kumain o uminom. Sa kabila nito, nagkukunwari pa rin sila na nagmamalasakit sa gawain ng iglesia, at nagtatanong sa mga tao, “Kumusta na ang gawain ng ebanghelyo? Gaano kaepektibo ang pangangaral ng ebanghelyo? Nagkamit na ba ng anumang buhay pagpasok ang mga kapatid kamakailan? Mayroon bang nanggagambala o nanggugulo?” Ang mga tanong nilang ito tungkol sa gawain ng iglesia ay para magpakitang-tao sa iba. Kung malaman man nila ang mga problema, wala silang paraan para lutasin ang mga iyon, kaya ang kanilang mga tanong ay pormalidad lamang, itinatanong para magmukhang nagmamalasakit sila sa gawain ng iglesia. Kung sakaling may mag-ulat ng mga problema ng iglesia para lutasin nila, mapapailing lang sila. Walang pakana na makakatulong sa kanila, at kahit na gustuhin nilang magpanggap,

hindi nila magagawa, at mamimiligro silang malantad at mabunyag. Ito ang pinakamalaking problemang kinakaharap ng mga anticristo sa buong buhay nila. Sa sandaling ito, ang mga anticristo ay parang isang langgam sa mainit na kawali, paminsan-minsang napapailing na parang nagsasabing, “Hindi na ito puwedeng magpatuloy.” Pagkatapos, tinatapik nila ang kanilang ulo gamit ang kanilang mga kamay, na para bang iniisip na, “Bakit napakahangal ko? Paanong natisod ako sa bagay na ito?” Hindi matanggap ng mga anticristo ang katunayang ito at napapabuntong-hininga na lang sila. Sila ay nagpapagal, nagdurusa, at nagbabayad ng halaga para lang sa kanilang sariling reputasyon at katayuan, nagpapakasasa sa iba’t ibang uri ng masasamang gawa para matugunan ang kanilang mga ambisyon at pagnanais. Ang mailantad ng mga hinirang ng Diyos ay isang hindi maiiwasang kalalabasan. Ang mga tao ay nakatakdang bumagsak sa malao’t madali dahil sa hindi paghahangad sa katotohanan. Ang kasabihang ito ay perpektong natutupad sa mga anticristo. Bagama’t bihasa sa pagpapanggap at marunong magsalita nang nakahihikayat at nakapanlilihis ng iba, kung nauunawaan ng mga hinirang ng Diyos ang katotohanan at kaya nilang kilatisin ang diwa ng isang tao, kung gayon, gaano man kalalim magtago o gaano man karami ang kasamaang ginagawa ng mga anticristo, ganap silang makikilatis ng mga hinirang ng Diyos. May dalawang kasabihan: “Ang pagpupursige sa kasamaan ay magdudulot ng pagkawasak sa sarili,” at “Ang paglalaro ng apoy ay nakakapaso.” Ito ay mga obhetibong batas na namamahala sa pag-unlad ng mga bagay-bagay, na itinatag ng Diyos para sa pag-unlad ng lahat ng bagay at pangyayari. Walang sinuman ang makakatakas sa mga ito. Bagama’t nagpapatuloy ang gawain ng iglesia sa ilalim ng pamumuno ng mga anticristo, lubhang nababawasan ang pagiging epektibo nito. Ang ilang mahahalagang gawain ay kontrolado pa rin ng masasamang indibidwal, at hindi pa naisasakatuparan ang mga pagsasaayos ng gawain sa sambahayan ng Diyos. Bagama’t bawat isa sa mga hinirang ng Diyos ay gumagampan sa kanilang tungkulin, walang tunay na resulta, at ang iba’t ibang gampanin ay matagal nang paralisado. Ano ang ugat na sanhi ng mga problemang ito? Ito ay dahil nakontrol na ng mga anticristo ang iglesia. Saan man may hawak na kapangyarihan ang mga anticristo, gaano man kalawak ang kanilang impluwensiya, kahit na isang pangkat lamang ito, maiimpluwensiyahan nila ang gawain ng sambahayan ng Diyos at ang buhay pagpasok ng isang parte ng mga hinirang ng Diyos. Kung may hawak silang kapangyarihan sa isang iglesia, nahahadlangan doon ang gawain ng iglesia at ang kalooban ng Diyos. Bakit ba hindi maipatupad sa ilang iglesia ang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos? Ito ay dahil hawak ng mga anticristo ang kapangyarihan sa mga iglesiang ito. Ang sinumang anticristo ay hindi taos-pusong gugugol para sa Diyos, ang pagganap ng kanilang mga tungkulin ay magiging pormalidad lamang at paggawa nang wala sa loob. Hindi sila gagawa ng tunay na gawain kahit sila ay lider o manggagawa, at magsasalita at kikilos lamang sila alang-alang sa kasikatan, pakinabang, at katayuan, nang hindi man lang pinoprotektahan ang gawain ng iglesia. Kaya, ano ang ginagawa ng mga anticristo sa buong maghapon? Abala sila sa

pagkukunwari at pagpapakitang-gilas. Ginagawa lamang nila ang mga bagay na may kinalaman sa sarili nilang kasikatan, pakinabang, at katayuan. Abala sila sa panlilihis sa iba, sa pang-aakit sa mga tao, at kapag nakaipon na sila ng lakas, magpapatuloy silang kontrolin ang mas maraming iglesia. Ang nais lamang nila ay maghari at gawing nagsasariling kaharian nila ang iglesia. Nais lamang nilang maging dakilang lider, magkaroon ng ganap at solong awtoridad, upang makontrol ang mas maraming iglesia. Wala silang pakialam kahit kaunti sa anumang iba pang bagay. Wala silang pakialam sa gawain ng iglesia, o sa buhay pagpasok ng hinirang na mga ng Diyos, lalo nang wala silang pakialam kung naisasagawa ba ang kalooban ng Diyos. Ang tanging inaalala nila ay kung kailan nila mag-isang mahahawakan ang kapangyarihan, makontrol ang hinirang na mga tao ng Diyos, at makakapantay ang Diyos. Napakalaki talaga ng mga pagnanais at ambisyon ng mga anticristo! Gaano man kasipag tingnan ang mga anticristo, abala lamang sila sa sarili nilang mga hangarin, sa paggawa ng gusto nilang gawin, at sa mga bagay na nauugnay sa sarili nilang kasikatan, pakinabang, at katayuan. Ni hindi nila iniisip ang kanilang mga responsabilidad o ang tungkulin na dapat nilang ginagampanan, at wala talaga silang ginagawang tama. Ganito ang mga anticristo—sila ay mga diyablo at Satanas, na nanggagambala at nanggugulo sa gawain ng Diyos.

Noon, may isang lider na pinagkatiwalaan Ko ng limang gampanin sa loob ng kanyang termino. Ngunit, pagkalipas ng dalawang buwan, walang naisakatuparan sa mga ito. Sa panlabas, parang hindi naman paupo-upo lang ang lider, abalang-abala siya at sobrang pagod, at halos hindi mo siya nakikita. Kaya, ano nga ba ang pinagkakaabalahan niya, at bakit hindi niya natupad ang mga gampaning itinalaga Ko sa kanya? May problema rito. Hindi ginawa ng lider ang ilang gampanin dahil hindi niya gustong gawin ang mga ito, iniisip na hindi ito kabilang sa kanyang mga tungkulin. Ito ang isang problema. Bukod dito, mayroon siyang iba't ibang opinyon tungkol sa ilang gampanin, sadya niyang isinasantabi ang mga ito. Mayroon ding mga gampanin na medyo mahirap, na nangangailangan ng tulong mula sa iba at medyo malaking abala, na ayaw pangasiwaan ng lider. Ito ang mga sitwasyong lumitaw. Kaya, lumipas ang dalawang buwan at wala ni isang gampanin ang natapos. Sabi ng ilang tao, “Posible bang matapos ang lahat ng gampaning ito sa loob ng dalawang buwan?” Posible ito, maaaring matapos ang mga gampaning ito sa loob ng dalawang buwan, at karamihan sa mga gampaning ito ay puwedeng tapusin sa loob ng isa o dalawang araw, ngunit nabigo ang lider na isakatuparan ang mga ito. Nang may ibang taong pumalit at gumawa sa mga gampaning ito, lahat ng lima ay natapos sa loob lang ng isang linggo. Sa tingin ba ninyo ay dapat tanggalin ang gayong lider? (Oo.) Kung makakatagpo kayo ng isang taong tulad nito na hindi tumutupad sa anumang gampaning itinalaga mula sa ang Itaas, pero sa panlabas ay mukha siyang abalang-abala, kung gayon, isa siyang huwad na lider. Ang mga ganitong indibidwal ay dapat tanggalin o itiwag kaagad. Ano ang tingin ninyo sa prinsipyong ito? (Mabuti ito.) Huwag tingnan ang kanilang panlabas na sigasig at ang katunayang mukha silang abalang-abala buong araw. Sa realidad, wala silang ginagawang anumang aktuwal na gawain;

pinapanatili nilang abala ang kanilang sarili sa mga walang kabuluhang bagay. Ano ang ginagawa nila? Nabibilang sa iba't ibang kategorya ang kanilang mga kilos. Una, umaako sila ng mga gampaning pinaniniwalaan nilang kaya nilang pangasiwaan, iyong mga gampanin na ligtas at hindi masyadong mapanganib. Ano ang ibig Kong sabihin sa “hindi masyadong mapanganib”? Ang ibig Kong sabihin, sa paggawa ng mga gampaning ito, madaling maiwasan na magkamali, hindi nila kailangang makipag-ugnayan sa ang Itaas, at maiwasan nilang magkamali sa paggawa ng mga bagay-bagay at mapungusan. Bukod pa rito, inaasikaso nila ang mga gampanin kung saan sila bihasa, kung saan mas mababa ang tsansang magkamali sila. Sa ganitong paraan, maiwasan nilang managot at labis nilang mapoprotektahan ang kanilang sarili mula sa pagpupungos, pagpapaaalis, o pagpapataksik. Ang mga gampaning ito ay walang kaakibat na panganib at pananagutan, kaya't kaya nilang tugunan at asikasuhin ang mga ito. Sa realidad, may nakatagong elemento rito. Gagawin ba nila ang mga gampaning ito kung magagawa nila ang mga ito nang walang sinumang nakakakita sa kanila? Kung walang personal na pakinabang para sa kanila, gagawin ba nila ang mga ito? Siguradong hindi. Anong klaseng mga gampanin ang gusto nila? Mas gusto nila ang mga gampaning medyo madali, simple, at puwedeng matapos nang hindi sila masyadong nagdurusa. Dagdag pa rito, handa silang makinig at isaulo ang mas marami pang sermon na interesado sila at naaayon sa kanilang mga kuru-kuro. Kapag naunawaan na nila ang mga ito, maaari nilang talakayin ang mga sermon na ito sa iba, ginagawa nila ito para ipresenta ang kanilang sarili at makakuha ng paghanga mula sa iba. Bukod pa rito, kung ang paggawa sa mga gampaning ito ay makapagpapahintulot sa kanila na makipag-ugnayan sa mas maraming tao at ipaalam sa iba na abala silang gumagawa, na sila ay nasa isang posisyon ng pamumuno, at may ganitong katayuan at pagkakakilanlan, gagawin nila ang mga ito. Pumipili sila ng mga gampaning may ganitong kalikasan. Gayumpaman, kung komplikado ang gawaing kailangan nilang gampanan at lagpas sa kanilang mga abilidad, at kung may isang taong mas mahusay sa kanila, at nanganganib silang mapahiya kung mabibigo sila, na maliitin sila ng iba, kung gayon ay ayaw nilang gawin ang mga ganitong gampanin. Takot sila sa mahihirap na paggawa, sa pagkapagal, at sa kahihiyan ng hindi paggampan nang maayos. Higit pa rito, talagang tamad sila at may ugali silang umiiwas sa mabibigat at matatrabahong gampanin, tinatago ang kanilang sarili malayo sa mga ito. Sa halip, mas gusto nilang gawin ang mga gampaning nagpapaganda sa kanilang imahe, mga gampaning madali, kung saan puwede lang nilang iraos ito at makuha nila ang loob ng mga tao, nang hindi sila nakikilatis ng ang Itaas. Lahat ng ito ay likas na katangian ng mga anticristo. Pagdating sa paggawa ng kanilang mga tungkulin, namimili lang ng gusto. Mayroon silang mga personal na pagpili, plano, at mga pakana pa nga. Talagang hindi sila basta sumusunod sa mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos; sa halip, gumagawa sila ng sarili nilang mga pagpili. Tungkol sa mga partikular na pagsasaayos mula sa ang Itaas, kung hindi sila sang-ayon sa mga ito, tiyak na hindi nila ito ipatutupad. Lubusan nilang hinaharang ang mga bagay na ito, at hindi namamalayan ng mga kapatid

sa iglesia ang mga ito. Kung ang pagpapatupad sa mga pagsasaayos mula sa ang Itaas ay kokontra sa ilang partikular na indibidwal o makakapagpasama ng loob sa mga tao, ipapatupad ba nila ang mga ito? Hindi nila gagawin iyon. Sa kanilang puso, iniisip nila, “Kung gusto ng ang itaas na magawa ito, hindi ko ito gagawin. Kahit na gawin ko ito, kailangan kong gawin ito sa pangalan ng ang itaas, sasabihin ko na iniutos ito mula sa kanila. Hindi ko kayang saktan ang loob ng mga taong iyon.” Tuso talaga ang mga anticristo, hindi ba? Sa anumang ginagawa nila, nagsasabwatan sila at kinakalkula ito nang walo o sampung beses, o baka higit pa. Punong-puno ang kanilang isip ng mga saloobing tungkol sa kung paano sila magkakaroon ng matatatag na posisyon sa karamihan, kung paano magkakaroon ng magagandang reputasyon at higit na katanyagan, kung paano makuha ang loob ng ang Itaas, kung paano nila mahihikayat ang mga kapatid na suportahan, mahalin at irespeto sila, at gagawin nila ang lahat ng paraan para makuha ang mga kinalabasang ito. Anong landas ang tinatahak nila? Para sa kanila, ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, ang mga interes ng iglesia, at ang gawain ng sambahayan ng Diyos ay hindi ang pangunahing isinasaalang-alang nila, lalong hindi ito mga bagay na iniintindi nila. Ano ang iniisip nila? “Walang kinalaman sa akin ang mga bagay na ito. Ang bawat tao para sa kanyang sarili at bahala na ang iba; kailangang mabuhay ang mga tao para sa kanilang sarili at para sa sarili nilang reputasyon at katayuan. Iyon ang pinakamataas na layon. Kung hindi alam ng isang tao na dapat siyang mabuhay para sa kanyang sarili at protektahan ang kanyang sarili, hangal siya. Kung hihilingin sa akin na magsagawa ayon sa mga katotohanang prinsipyo at magpasakop sa diyos at sa mga pagsasaayos ng kanyang sambahayan, nakadepende ito sa kung may anumang pakinabang ba ito para sa akin o wala, at kung may anumang mga kalamangan ba kung gagawin ko ito. Kung ang hindi pagpapasakop sa mga pagsasaayos ng sambahayan ng diyos ay posibleng maging dahilan para alisin ako at mawalan ng pagkakataon na magkamit ng mga pagpapala, kung gayon ay magpapasakop ako.” Kaya, para maprotektahan ang sarili nilang reputasyon at katayuan, kadalasan ay pinipili ng mga anticristo na makipagkompromiso. Masasabing alang-alang sa katayuan, kaya ng mga anticristo na magtiis ng anumang uri ng pagdurusa, at alang-alang sa pagkakaroon ng magandang reputasyon, kaya nilang magbayad ng anumang uri ng halaga. Ang kasabihang, “Alam ng isang mahusay na tao kung kailan susuko at kung kailan hindi,” ay totoong-totoo sa kanila. Ganito ang lohika ni Satanas, hindi ba? Ito ang pilosopiya ni Satanas para sa mga makamundong pakikitungo, at ito rin ang prinsipyo ni Satanas para manatiling buhay. Ito ay lubos na karima-rimarim!

Itinuturing ng mga anticristo na mas mahalaga ang sarili nilang katayuan at reputasyon kaysa sa anupamang bagay. Ang mga taong ito ay hindi lamang mapanlinlang, tuso, at buktot, kundi lubos ding malulupit. Ano ang ginagawa nila kapag nadiskubre nilang nasa panganib ang kanilang katayuan, o kapag nawala ang puwang nila sa puso ng mga tao, kapag nawala ang pagtangkilik at pagmamahal ng mga taong ito, kapag hindi na sila iginagalang at hindi na mataas ang tingin sa kanila ng mga tao, at nahulog na sila sa

kahiya-hiyang kalagayan? Bigla silang nagiging mapanlaban. Sa sandaling mawala sa kanila ang kanilang katayuan, ayaw na nilang gampanan ang anumang tungkulin, nagiging pabasta-basta na lang sila sa lahat ng kanilang ginagawa, at wala silang interes na gumawa ng kahit ano. Subalit hindi ito ang pinakamalalang pagpapamalas. Ano ang pinakamalalang pagpapamalas? Sa sandaling mawalan ng katayuan ang mga taong ito, at hindi na mataas ang tingin sa kanila ng sinuman, at wala na silang mailihis na sinuman, lumalabas ang pagkamuhi, inggit, at paghihiganti. Bukod sa wala silang may-takot-sa-Diyos na puso, wala rin sila ni katiting na pagpapasakop. Bukod pa rito, sa kanilang puso, may tendensiya na kamuhian nila ang sambahayan ng Diyos, ang iglesia, at ang mga lider at manggagawa; inaasam nilang magkaproblema at mahinto ang gawain ng iglesia; gusto nilang pagtawanan ang iglesia, at ang mga kapatid. Kinamumuhian din nila ang sinumang naghahangad sa katotohanan at natatakot sa Diyos. Binabatikos at kinukutya nila ang sinumang tapat sa kanyang tungkulin at handang magbayad ng halaga. Ito ang disposisyon ng mga anticristo—at hindi ba’t malupit ito? Malinaw na masasamang tao sila; ang mga anticristo sa diwa nila ay masasamang tao. Kahit kapag idinaraos ang mga pagtitipon online, kung nakikita nila na maganda ang signal, tahimik silang nagmumura at sinasabi sa kanilang sarili: “Sana humina ang signal! Sana humina ang signal! Mas maigi kung walang makarinig sa mga sermon!” Ano ang mga taong ito? (Mga diyablo.) Mga diyablo sila! Talagang hindi sila mga tao ng sambahayan ng Diyos. Ang mga ganitong uri ng diyablo at masasamang tao ay sadyang nagsasanhi ng gulo sa ganitong paraan, kahit saang iglesia man sila naroroon. Kahit inilalantad at nililimitahan sila ng mga taong marunong kumilatis, hindi sila magninilay-nilay sa kanilang sarili o aamin sa kanilang mga pagkakamali. Iisipin nila na ito ay pansamantalang pagkakamali lamang sa kanilang panig at na dapat silang matuto mula rito. Ang taong tulad nito, na talagang tumatangging magsisi, ay hindi magpapasakop kahit sino pa ang kumilatis at maglantad sa kanila. Hahanap sila ng paraan na makapaghiganti laban sa taong iyon. Kapag hindi maginhawa ang lagay nila, ayaw din nilang maging madali ang mga bagay-bagay para sa mga kapatid. Sa kanilang puso, lihim pa nga nilang isinusumpa ang mga kapatid, hinihiling nila na may masasamang bagay na mangyari sa mga kapatid, at isinusumpa rin nila ang gawain ng sambahayan ng Diyos, hinihiling na magkaroon dito ng gulo. Kapag nagkaproblema ang sambahayan ng Diyos, lihim silang nagagalak at nagdiriwang, iniisip nila, “Hmph! Sa wakas, nagkaproblema rin. Lahat ng ito ay nangyayari dahil tinanggal mo ako. Buti nga, nagkakagulo na ang lahat!” Natutuwa at nasisiyahan sila na makita ang iba na nanghihina at nagiging negatibo. Nagsasalita sila nang mapangutya at mapanghamak para siraan ang mga tao, at nagpapakalat pa nga sila ng mga salita ng pagkanegatibo at kamatayan, sinasabing, “Tinatalikuran nating mga mananampalataya ang ating mga pamilya at propesyon para magawa ang ating mga tungkulin at magtiis ng paghihirap. Sa tingin mo ba ay kaya talagang akuin ng sambahayan ng diyos ang responsabilidad para sa ating kinabukasan? Naisip mo na ba iyon? Sulit ba ang halagang ibinabayad natin? Hindi maganda ang kalusugan ko ngayon, at kung mapagod ako nang

husto, sino ang mag-aalaga sa akin sa aking pagtanda?” Nagsasabi sila ng mga ganitong bagay para makaramdam ng pagkanegatibo ang lahat—saka lamang sila magiging masaya. Hindi ba’t masama ang kanilang balak, hindi ba’t sila ay masama at mapaminsala? Hindi ba’t dapat silang tumanggap ng retribusyon? (Oo, dapat.) Sa tingin ba ninyo ay talagang may Diyos sa puso ang mga ganitong tao? Hindi sila mukhang mga tunay na mananampalataya sa Diyos, talagang hindi sila naniniwalang sinisiyasat ng Diyos ang kaibuturan ng puso ng mga tao. Hindi ba’t sila ay mga hindi mananampalataya? Kung tunay silang nananampalataya sa Diyos, paano nila nasasabi ang mga gayong bagay? Maaaring sinasabi ng ilan na ito ay dahil wala silang may-takot-sa-Diyos na puso—tama ba iyon? (Hindi, hindi ito tama.) Bakit hindi ito tama? (Sadyang walang Diyos sa puso nila; sila ay kumontra sa Diyos.) Sa realidad, nangangahas silang sabihin ang mga bagay na iyon dahil hindi sila naniniwala sa pag-iral ng Diyos. Mas lalong hindi sila naniniwala na sinisiyasat ng Diyos ang lahat ng tao, at hindi sila naniniwalang inoobserbahan ng Diyos ang kanilang bawat salita at gawa, bawat kaisipan at ideya. Hindi sila naniniwala sa mga bagay na ito, kaya hindi sila natatakot at malaya at walang pakundangang nagsasalita sila ng gayong mga maladiyablong salita. Kahit ang mga walang pananampalataya ay madalas nagsasabing, “May mga mata ang Langit” at “Kapag kumikilos ang tao, nagmamasid ang Langit.” Kahit sinong may kaunting tunay na pananalig ay hindi basta-basta bibigkas ng ganitong mga maladiyablong salita ng mga hindi mananampalataya. Hindi ba’t magkakaroon ng malulubhang kahihinatnan para sa mga mananampalataya na nag-iisip at nagsasalita nang ganito? Hindi ba’t malubha ang kalikasan nito? Napakalubha nito! Na nagagawa nilang itatwa ang Diyos sa ganitong paraan ay nangangahulugan na sila ay mga tunay na diyablo, at masasamang nilalang na nakalusot sa sambahayan ng Diyos. Tanging ang mga diyablo at anticristo ang nangangahas na tahasang magprotesta laban sa Diyos. Ang mga interes ng sambahayan ng Diyos ay kumakatawan sa mga interes ng Diyos, at ang lahat ng ginagawa ng sambahayan ng Diyos ay nasa ilalim ng pamumuno, pahintulot, at paggabay ng Diyos; ito ay malapit na konektado sa gawain ng pamamahala ng Diyos at hindi maaaring mahiwalay rito. Ang mga taong hayagang sumusumpa sa gawain ng sambahayan ng Diyos sa ganitong paraan, na naninira dito sa kanilang puso, at nais na pagtawanan ang sambahayan ng Diyos, na nagnanais na makakitang naaresto lahat ang mga hinirang ng Diyos, na ganap na naparalisa ang gawain ng iglesia, at na tumatalikod sa kanilang pananalig ang mga mananampalataya, at na magiging masaya kapag nangyari ito—anong klaseng mga tao sila? (Mga diyablo.) Sila ay mga diyablo, sila ay masasamang demonyo na muling isinilang! Ang mga ordinaryong tao ay may mga tiwaling disposisyon, sila ay paminsan-minsang naghihimagsik, at nag-iisip sila ng ilang maliliit na ideya kapag nagiging negatibo at mahina sila, iyon lang, pero hindi sila magiging ganon kasama o magkakaroon ng gayong mga buktot at mapaminsalang kaisipan. Ang ganitong uri ng diwa ay matatagpuan lang sa mga anticristo at diyablo. Kapag may ganitong mga ideya ang mga anticristo, naghihinala ba sila na baka nagkamali sila? (Hindi.) Bakit hindi? (Dahil itinuturing nila na katotohanan ang kanilang iniisip at sinasabi.

Hindi sila nananampalataya sa Diyos, wala silang may-takot-sa-Diyos na puso, at kalikasan na nila ang labanan ang Diyos.) Mismo, iyon ang kalikasan nila. Kailan ba itinuring ni Satanas ang Diyos bilang Diyos? Kailan ba ito naniwala na ang Diyos ang katotohanan? Hindi kailanman, at hinding-hindi ito mangyayari. Ang mga anticristo, ang mga diyablong ito, ay ganoon din; hindi nila itinuturing ang Diyos bilang Diyos o pinaniniwalaan na Siya ang katotohanan. Hindi sila naniniwala na ang Diyos ang Siyang lumikha at may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay. Kaya iniisip nila na tama ang anumang sinasabi nila. Nag-iisip at kumikilos sila nang walang pakundangan sa ganitong paraan; ito ang kanilang kalikasan. Kapag ganito rin ang ginagawa ng mga tiwaling tao, nakakaranas sila ng pagtatalo sa kanilang kalooban. Mayroon silang konsensiya at kamalayang pantao. Ang kanilang konsensiya, kamalayan, at ang mga katotohanang nauunawaan nila ay may epekto sa kanilang kalooban, at nagdudulot ito ng pagtatalo. Kapag lumilitaw ang pagtatalong ito, nagaganap ang isang labanan sa pagitan ng tama at mali at katarungan at kabuktutan, at nagkakaroon ng kalalabasan: Ang mga naghahangad sa katotohanan ay pumapanig sa Diyos, samantalang ang mga hindi naghahangad sa katotohanan ay pumapanig sa buktot na puwersa ni Satanas. Lahat ng ginagawa ng mga anticristo ay para makipagtulungan kay Satanas. Nagbubulalas sila ng pagkanegatibo, nagpapalaganap ng walang batayang mga tsismis, at pinagtatawanan nila ang sambahayan ng Diyos. Isinusumpa at sinisiraan nila ang gawain ng sambahayan ng Diyos at isinusumpa ang mga kapatid. Magaan pa nga sa kanilang pakiramdam na gawin ang lahat ng ito, nang walang anumang pag-usig mula sa kanilang konsensiya, nang walang kahit kaunting pagsisisi, at naniniwala silang lubos na tama ang lahat ng kilos nila. Ganap nitong ibinubunyag ang satanikong kalikasan ng mga anticristo, at ibinubunyag ang kanilang mga pangit na mukha na lumalaban sa Diyos. Kaya, hindi isang pagmamalabis na sabihing ang mga anticristo ay tunay na mga diyablo at mga Satanas. Ang mga anticristo ay likas na mga diyablo at tiyak na hindi tagatanggap ng pagliligtas ng Diyos. Sila ay tiyak na hindi parte ng ordinaryong tiwaling sangkatauhan. Ang mga anticristo ay mga diyablong muling isinilang, sila ay likas na masasamang demonyo. Ganito talaga ang mga bagay-bagay.

Ang pangunahing pokus ng mga anticristo ay nakatuon sa reputasyon at katayuan. Pagdating sa reputasyon at katayuan, ano ang mga aksiyong ginagawa ng mga anticristo? Walang pakundangan silang kumikilos, pinipiga ang kanilang utak, pinapagod ang kanilang pag-iisip, at handa silang gawin ang anuman para panatilihin ang kanilang reputasyon at katayuan. Ang dalawang bagay na ito ang dugong nagbibigay-buhay sa kanila, ang kanilang lahat-lahat. Naniniwala sila na ang pagtatamo ng dalawang bagay na ito ay nangangahulugang natamo na nila ang lahat. Sa kanilang mundo, mayroon lamang katayuan, reputasyon, at kanilang sariling mga interes; wala nang iba pang mahalaga sa kanila. Kaya, may silbi ba na magbahagi tungkol sa katotohanan, pagkatao, katarungan, o mga positibong bagay sa mga taong tulad ng mga anticristo? (Wala itong silbi.) Tama, wala itong silbi. Katulad ito ng pagtatangkang kausapin ang isang bayarang

babae tungkol sa kung paano maging isang babaeng nasa isang mabuting bahay, o turuan siyang maging isang mabuting asawa at ina; ayaw niyang makinig, hindi niya ito gusto, at kasuklam-suklam ito para sa kanya. Gaano kasuklam-suklam? Pinagagalitan ka niya sa puso niya, at sinasamantala niya ang mga pagkakataon para tuyain ka, kutyain ka, atakihin ka, at ibukod ka. Sa panahon ngayon, sa iglesia, hindi ba't may mga taong, sa sandaling marinig nila na may isang taong nagbabahagi tungkol sa katotohanan, o tungkol sa mga katotohanan gaya ng pagpapasakop sa mga pamamatnugot at mga pagsasaayos ng Diyos o pagsunod sa mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos, ay nagpapakita ng lubos na mapaghimagsik na saloobin? (Oo, mayroong mga gayong tao.) Tiyak na mayroon. Obserbahan at tukuyin ang mga taong nagpapakita ng ganoong pag-uugali. Kapag nagbabahagi ka tungkol sa pangangailangan na makapagpasakop sa kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos, tumutugon sila nang mayroong matinding pagkasuklam, iniisip nila, "Buong araw nilang pinag-uusapan ang tungkol sa pagpapasakop sa mga pagsasaayos ng diyos, na para bang isinaayos ng diyos ang lahat, at walang anumang mapagpipilian ang mga tao!" Sa sandaling magbahagi ka tungkol sa katotohanan o sa pangangailangan na makipagtulungan nang maayos, maghanap sa mga layunin ng Diyos, at kumilos ayon sa mga katotohanang prinsipyo sa kanilang mga tungkulin, lalo lang nasusuklam ang mga taong ito at ayaw nilang makinig. Kahit na atubili silang makinig, hindi sila mapakali sa inuupuan, at kung sakaling magawa nilang pumirmi sa upuan, malamang ay nakatulog na sila. Kapag nagbabahagi ka tungkol sa katotohanan at tungkol sa pagsunod sa mga prinsipyo kapag pinangangasiwaan ang mga bagay-bagay, inaantok sila at naiidlip. Pagkaraan ng ilang oras na walang pagbabahaginan tungkol sa katotohanan at walang pagpupungos, nagiging masiglang-masigla sila. Kumikilos sila nang walang pakundangan at walang-ingat, gumagawa ng mga sariling desisyon, at sa isang kamay, sinusunggaban nila ang reputasyon, habang sa kabila ay sinusunggaban ang katayuan. Tumatalon sila nang mas mataas kaysa kaninuman at nagpapakasasa sa iba't ibang uri ng kaguluhan. Ang mga taong ito ay pawang mga anticristo; silang lahat ay lumalaban sa Diyos at kaya nilang gumawa ng malaking kaguluhan anumang sandali.

Ang sinumang nagtataglay ng kalikasan ng mga anticristo ay dapat ilarawan bilang isang anticristo. Kapag nais nilang kumilos nang sariling, sila ay dapat mapigilan at mapahinto; hindi ito maikakaila. Maaaring sabihin ng ilan, "Paano kung hindi namin sila mapigilan? Ano ang dapat naming gawin?" Sasabihin Ko sa inyo ang isang siguradong paraan para mapigilan sila gamit lamang ang isang pangungusap. Kapag nakakatagpo ka ng ganoong sitwasyon, sabihin mo lang na, "Kung titigil ka sa pagkilos nang walang-ingat, paggawa ng mga sariling desisyon, at pagiging may huling salita, mamamatay ka ba?" Ano ang tingin ninyo roon? (Mabuti.) Sa tingin ba ninyo ay talagang mamamatay ang isang anticristo kung siya ay pipigilan sa pagkilos nang sariling? (Oo.) Paano kayo umabot sa sagot na ito na "oo"? (Ang mga anticristo ay ganito sa pinakakaibuturan nila; kung hindi nila magawang kumilos nang sariling, nagiging miserable ang pakiramdam

nila, at hindi nila makakayang patuloy na mabuhay.) Tama, ganito talaga sila sa kaibuturan nila, at kung hindi sila makakakilos sa ganitong paraan, nagiging miserable sila. Kung gayon, normal ba ang mga taong ito? (Hindi.) Hindi sila normal. Paano mag-isip ang isang normal na tao? “Kung hindi ako puwedeng kumilos nang sarilinan, hahayaan ko na lang; ano ba ang mahirap doon? Mas mapapadali pa nga ang buhay ko!” Ganyan mag-isip ang isang normal na tao. Pero ang isang anticristo ay magiging miserable kung hindi mo siya hahayaang kumilos sa ganitong paraan. Hindi ba’t may diyablong naninirahan sa loob niya? (Oo.) Kaya, ang hindi pagtulot sa kanila na kumilos nang sarilinan ay maaaring magparamdam sa kanya na para bang mamamatay na siya. Ano ang ibig sabihin nitong “mamamatay”? Ibig sabihin nito ay pinahihirapan at ginugulo siya ng diyablo sa loob ng puso niya, kaya’t pakiramdam niya ay hindi na niya kayang tiisin ito o magpatuloy sa buhay, na para bang nasa bingit na siya ng kamatayan; iyon ang ibig sabihin nito. Para sa mga anticristo, masasamang tao, at mga diyablong naghahangad na guluhin ang gawain ng sambahayan ng Diyos, ang pagsasabi ng isang pangungusap na ito sa kanila ay mas epektibo kaysa sa pagtatalakay ng anumang katotohanan sa kanila. Ang isang pahayag na ito ay kapaki-pakinabang sa mga tao tulad ng mga anticristo, masasamang tao, at mga diyablo, na gumugulo sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Kapaki-pakinabang ba ang pagsasabi ng katotohanan sa mga taong ito? (Hindi, hindi ito kapaki-pakinabang.) “Kailangan mong makipagtulungan nang maayos, at gawin ang iyong tungkulin at pangasiwaan ang mga bagay-bagay ayon sa mga katotohanang prinsipyo”—ang mga ganitong uri ng salita ay nasabi na sa loob ng maraming taon; mayroon bang sinumang hindi nakakaintindi o nakakaalala sa mga ito? Dapat wala. Kung gayon, bakit may ilang tao na nagsasarili pa rin sa pagkilos? Ito ay nangangahulugan lamang ng isang bagay: Hindi nila kontrolado ang kanilang sarili; hindi sila mga normal na tao. Hindi sila kayang pamahalaan ng kanilang isipan at puso; mayroong iba pang nasa loob nila na namamahala sa kanila, marahas at sapilitang nagdidikta sa kanila na kumilos sa ganitong paraan, na tiyak ay upang guluhin at gambalain ang gawain ng sambahayan ng Diyos, pinsalain ang gawain ng sambahayan ng Diyos at magdulot ng mga kawalan sa mga interes ng sambahayan ng Diyos. Sino ang maaaring gumawa ng mga gayong bagay? Mga Satanas at diyablo lamang. Ang mga sumusunod sa Diyos, ang mga normal na tao, ang mga tunay na nilikha, ay hindi magkakaroon ng motibasyong gawin ang mga gayong bagay; tanging ang mga Satanas at diyablo ang mayroong motibasyon at sila lang ang sadyang gagawa ng mga ganitong bagay. Naalala ba ninyo ang pahayag na ito? (Oo.) Kung gayon, dito na natin tatapusin ang ating pagbabahaginan para sa araw na ito. Paalam!

Pebrero 29, 2020

**Ikasiyam na Aytem: Ginagawa Nila ang Kanilang
Tungkulin Para Lang Maging Tanyag Sila at
Maisakatuparan ang Kanilang Sariling mga Interes
at Ambisyon; Hindi Nila Kailanman Isinasaalang-alang
ang mga Interes ng Sambahayan ng Diyos,
at Ipinagkakanulo Pa nga ang mga Interes na Iyon,
Ipinagpapalit ang mga Iyon Para sa Kanilang
Personal na Kaluwalhatian (Ikatlong Bahagi)**

II. Ang mga Interes ng mga Anticristo

B. Ang Sarili Nilang Reputasyon at Katayuan

Noong huli ay nagbahaginan tayo tungkol sa ikasiyam na aytem ng iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo. Gumawa tayo ng simpleng paglalagom niyon. Sa ilang subseksiyon natin hinati-hati ang mga interes ng mga anticristo para sa ating paghihimay-himay? (Tatlong subseksiyon. Ang una ay ang sariling seguridad ng mga anticristo, ang pangalawa ay ang kanilang sariling reputasyon at katayuan, at ang pangatlo ay ang mga pakinabang.) Ang mga interes na nauugnay sa mga anticristo ay kinapapalooban ng tatlong subseksiyon na ito: ang kanilang sariling seguridad, katayuan, at mga pansarili nilang pakinabang—tama ba? (Oo.) Ang unang subseksiyon, ang kanilang sariling seguridad, ay medyo madaling maunawaan. Nauugnay ito sa mga mapanganib na kapaligiran na nakakaharap nila, at ito ay tumutukoy sa mga direktang interes ng mga anticristo: ang kanilang pansariling seguridad. Halos tapos na tayong magbahaginan tungkol sa subseksiyon na ito. Ang pangalawang subseksiyon ay ang kanilang sariling reputasyon at katayuan. Nagbahaginan tayo noong huli tungkol sa ilan sa mga pagpapamalas nito, ngunit iyon ay medyo malawak na mga termino. Sa palagay Ko, lahat kayo ay mayroon lang ng konseptuwal na pagkaarok at kaalaman sa subseksiyon na ito. Kung hindi Ako magbibigay sa inyo ng ilang halimbawa, at ng ilang detalyado at kongkretong pagsusuri, maaaring magtaglay lamang kayo ng kaunting doktrinal at literal na pagkaunawa sa aspektong ito ng diwa at mga pagpapamalas ng mga anticristo, at maaaring hindi ninyo makilala ang alinman sa mga tunay at partikular na pagbubunyag at pagpapamalas na ito. Mula sa perspektiba ninyo, pagdating sa pagbabahaginan tungkol sa mga paksang ito, mas mainam kung mas detalyado, hindi ba? (Oo.) Gusto ninyong makarinig ng mga bagay na nakahanda na; ayaw ninyo iyong mga bagay na kailangan pa ninyong alamin. Pagkatapos ninyong makinig sa mga sermon na ito, gumagawa ba kayo ng sariling pag-aaral? Kung magbabahagi Ako nang sobrang detalyado, pakiramdam ba ninyo na masyado Akong metikuloso at mahaba ang sinasabi Ko? Maaaring sabihin ninyo na, “Talagang minamaliit Mo ang aming IQ; ganoon ba talaga kababa ang kakayahan namin? Sapat na ang magbigay Ka ng isa o dalawang

halimbawa lang. Bukod pa rito, pagdating sa paghihimay-himay sa diwa ng mga anticristo, medyo marami na tayong napagbahaginan tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa kanilang pagmamahal sa katayuan at kapangyarihan. Bakit ang pagbabahaginan natin tungkol sa mga interes ng mga anticristo ay tumatalakay rin sa paksang ito? Hindi ba't masyado na itong paulit-ulit at maselan? Talaga bang kinakailangang magbahaginan tungkol dito?" Sa totoo lang, hindi naman masama ang kaunting pag-uulit. Kung magbabahaginan tayo mula sa lahat ng anggulo, magkakaroon kayo ng mas masusing pagkaunawa sa aspektong ito ng diwa ng mga anticristo. Dagdag pa rito, kapag nagbabahaginan tungkol sa katotohanan, hindi kayo dapat umiwas sa pag-uulit. May ilang katotohanan na napagbahaginan na sa loob ng maraming taon, ngunit wala pa ring mga tao na nakakapasok sa mga ito. Tama ba na palaging sikapin na umiwas sa pag-uulit, at palaging maghanap ng mga bagong estilo at ekspresyon? (Mali ito.) Ang katotohanan mismo ay malapit na nauugnay sa buhay ng mga tao. Ang lahat ng iba't ibang bagay at tiwaling disposisyon na ibinubunyag ng mga tao sa buhay nila, ang kanilang mga pagpapamalas, at ang mga pananaw at saloobin nila sa iba't ibang uri ng mga bagay ay palaging nangyayari nang paulit-ulit araw-araw. Ang pagbabahaginan tungkol sa katotohanan at paghihimay-himay sa iba't ibang nilalaman at diwa mula sa iba't ibang anggulo ay lubos na kapaki-pakinabang para sa pagpasok ng mga tao sa katotohanan. Noong huli, nagbahaginan tayo sa isang simple at malawak na paraan tungkol sa pangalawang subseksiyon ng mga interes ng mga anticristo: ang kanilang sariling reputasyon at katayuan. Ngayon, magbibigay Ako ng ilang halimbawa upang detalyado tayong makapagbahaginan tungkol dito. Siyempre, kung nakapagkamit kayo ng kaunting bagong pagkaunawa o nakapagtamo ng kaunting paghahayag o liwanag batay sa pundasyon ng Aking pagbabahagi, o kung nakakita kayo ng ilang kaugnay na halimbawa sa takbo ng inyong sariling karanasan o buhay, maaari rin kayong makilahok sa pagbabahaginan. Susunod, partikular tayong maghihimay-himay, mula sa perspektiba ng mga interes ng mga anticristo, sa kung ano ang ipinapamalas ng mga anticristo pagdating sa kanilang sariling reputasyon at katayuan, kung anong mga tiwaling disposisyon ang ibinubunyag ng mga anticristo, at kung sa anong mga paraan ibinubunyag ng mga anticristo ang gayong mga kalikasang diwa.

Kumpara sa mga ordinaryong tao, mas matindi ang pagmamahal ng mga anticristo sa kanilang reputasyon at katayuan, at isa itong bagay na nakapaloob sa kanilang disposisyong diwa; hindi ito isang pansamantalang interes, o ang lumilipas na epekto ng kanilang paligid—ito ay isang bagay na nasa kanilang buhay, nasa kanilang mga buto, kaya ito ay kanilang diwa. Masasabing sa lahat ng ginagawa ng mga anticristo, ang una nilang isinasaalang-alang ay ang kanilang sariling reputasyon at katayuan, wala nang iba pa. Para sa mga anticristo, ang reputasyon at katayuan ang kanilang buhay, at ang layong hinahangad nila sa buong buhay nila. Sa lahat ng kanilang ginagawa, ang una nilang isinasaalang-alang ay: "Ano ang mangyayari sa aking katayuan? At sa aking reputasyon? Ang paggawa ba nito ay magbibigay sa akin ng magandang reputasyon?"

Itataas ba nito ang aking katayuan sa isipan ng mga tao?” Iyon ang unang bagay na kanilang iniisip, na sapat na patunay na mayroon silang disposisyon at diwa ng mga anticristo—at dahil lang dito kaya nila isinasaalang-alang ang mga bagay sa ganitong paraan. Maaaring sabihin na para sa mga anticristo, ang reputasyon at katayuan ay hindi kung anong karagdagang hinihingi lamang, lalong hindi mga bagay na panlabas sa kanila na makakaya nila kahit wala ang mga ito. Bahagi ang mga iyon ng kalikasan ng mga anticristo, iyon ay nasa kanilang mga buto, sa kanilang dugo, ang mga iyon ay likas sa kanila. Hindi masasabing ang mga anticristo ay walang pakialam kung sila ba ay nagtataglay ng reputasyon at katayuan; hindi ganito ang kanilang saloobin. Kung gayon, ano ang kanilang saloobin? Ang reputasyon at katayuan ay malapit na nauugnay sa kanilang pang-araw-araw na buhay, sa kanilang pang-araw-araw na kalagayan, sa kung ano ang kanilang hinahangad sa araw-araw. Kung kaya’t para sa mga anticristo, ang katayuan at reputasyon ang buhay nila. Paano man sila mabuhay, anuman ang kapaligiran na tinitirhan nila, anuman ang gawain na kanilang ginagawa, anuman ang kanilang hinahangad, anuman ang kanilang mga layon, anuman ang direksyon ng kanilang buhay, umiikot ang lahat ng ito sa pagkakaroon ng magandang reputasyon at mataas na katayuan. At hindi nagbabago ang pakay na ito; hinding-hindi nila kayang isantabi ang gayong mga bagay. Ito ang totoong mukha ng mga anticristo at ang kanilang diwa. Maaari mo silang ilagay sa isang sinaunang gubat sa pusod ng kabundukan, at hindi pa rin nila isasantabi ang paghahangad nila sa reputasyon at katayuan. Maaari mo silang ilagay sa gitna ng anumang grupo ng mga tao, at ang pawang maiisip nila ay reputasyon at katayuan pa rin. Kahit na naniniwala rin sa Diyos ang mga anticristo, itinuturing nila ang paghahangad sa reputasyon at katayuan bilang katumbas ng pananalig sa Diyos at tinatrato ang dalawang bagay na ito nang magkapantay. Ibig sabihin, habang tinatahak nila ang landas ng pananalig sa Diyos, hinahangad din nila ang kanilang sariling reputasyon at katayuan. Masasabi na sa puso ng mga anticristo, ang paghahangad sa katotohanan sa kanilang pananalig sa Diyos ay ang paghahangad sa reputasyon at katayuan, at ang paghahangad sa reputasyon at katayuan ay ang paghahangad din sa katotohanan; ang magkamit ng reputasyon at katayuan ay ang makamit ang katotohanan at buhay. Kung nararamdaman nila na wala silang kasikatan, pakinabang, o katayuan, na walang tumitingala sa kanila, nagpapahalaga sa kanila, o sumusunod sa kanila, bigong-bigo sila, naniniwala silang wala nang saysay pang maniwala sa Diyos, wala na itong kabuluhan, at sinasabi nila sa kanilang sarili na, “Bigo ba ang gayong pananalig sa diyos? Hindi ba’t wala na akong pag-asa?” Madalas na kinakalkula nila ang gayong mga bagay sa kanilang puso. Kinakalkula nila kung paano sila makalilikha ng sariling puwang sa sambahayan ng Diyos, kung paano sila maaaring magkaroon ng matayog na reputasyon sa iglesia, kung paano nila mapapakinig ang mga tao kapag nagsasalita sila, at mapapasuporta sa kanila kapag kumikilos sila, kung paano nila mapapasunod sa kanila ang mga tao nasaan man sila, at kung paano sila magkakaroon ng maimpluwensiyang tinig sa iglesia, at ng kasikatan, pakinabang, at katayuan—talagang pinagtutuunan nila ang

gayong mga bagay sa puso nila. Ang mga ito ang hinahangad ng gayong mga tao. Bakit palagi nilang pinapahalagahan ang ganoong mga bagay? Matapos basahin ang mga salita ng Diyos, matapos marinig ang mga sermon, hindi ba talaga nila nauunawaan ang lahat ng ito, hindi ba talaga nila nagagawang makilala ang lahat ng ito? Talaga bang hindi kayang baguhin ng mga salita ng Diyos at ng katotohanan ang kanilang mga kurukuro, ideya, at opinyon? Hindi talaga iyon ang kaso. Ang problema ay nasa kanila; ito ay lubos na dahil hindi nila minamahal ang katotohanan, dahil sa puso nila, tutol sila sa katotohanan, at bilang resulta, lubos nilang hindi tinatanggap ang katotohanan—na siyang natutukoy ng kanilang kalikasang diwa.

Pagkatapos makinig ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos at sa katotohanan, parang nakahanap sila ng direksyon sa puso nila. Ngunit ano nga ba talaga ang diumano'y direksyon na ito? Ito ay ang pagtatamo nila ng isang uri ng kasangkapan—o, maaaring sabihin ng isang tao, isang uri ng kapaki-pakinabang na sandata—na nagbibigay sa kanila ng mas higit pang katiyakan sa pagtamo ng katayuan. Kaya, ginagamit nila ang pagkakataong ito para higit na makinig, magbasa, matuto, makipagbahaginan, at magsagawa, at unti-unting makarating sa punto kung saan kaya nilang magsalita ng maraming salita at doktrina, at mangaral ng maraming diumano'y sermon na hindi malilimutan at na nakahihikayat sa mga tao na pahalagahan sila. Sa sandaling maarok nila ang mga doktrinang ito na sa tingin ng mga tao ay maganda pagdating sa literal na kahulugan ng mga ito, para bang nakahawak na sila sa isang bagay na magsasalba sa kanila sa buhay, at nakakita na sila ng direksyon at liwanag sa bukas-liwayway. Kaya, hindi nakikinig ang mga anticristo sa mga sermon at hindi nagbabasa ng mga salita ng Diyos alang-alang sa kanilang pagsasagawa o para sumunod sa Salita ng Diyos, at lalong hindi nila ginagawa ang mga bagay na ito para maunawaan ang Kanyang mga layunin. Ginagawa nila ang mga ito para makuha ang loob ng mga tao at maakit ang mas maraming tao na sumamba at sumunod sa kanila gamit ang mga salita ng Diyos, o gamit ang mga teoryang ito na pinaniniwalaan nilang espirituwal, o sa pamamagitan ng pangangaral ng matatayog na sermon. Hindi nakikitang nagiging isang uri ng daluyan, isang uri ng hagdan, at isang uri ng kasangkapan ang mga salita ng Diyos, ang katotohanan, at ang Kanyang daan na ginagamit ng mga taong ito para magtamo ng katayuan at katanyagan sa gitna ng iba. Kaya, kahit sa anong paraan ninyo ito tingnan, hindi kayo makakakita ng anumang tunay na pananalig o tunay na pagpapasakop sa loob ng mga anticristo. Sa kabaligtaran, gaano man sila magsikap sa pakikinig sa mga sermon at pagbabasa ng mga salita ng Diyos, at gaano man tila “kamaka-diyos” ang kanilang pananampalataya sa Kanyang mga salita, may isang bagay na hindi maikakaila, at iyon ay na habang ginagawa ng mga anticristo ang mga bagay na ito, ang kanilang intensyon at plano ay hindi para sumunod sa kalooban ng Diyos, at lalong hindi ito para gampanan nang maayos ang kanilang mga tungkulin; ayaw nilang maging pinakamaliit sa mga tagasunod o maging mga nilikha, na masunuring tumatanggap sa atas ng Diyos at sa Kanyang kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos nang

may magandang pag-uugali. Sa halip, gusto lang nilang gamitin ang mga bagay na ito para makamit ang kanilang mga indibidwal na layon, para magkaroon ng puwang sa puso ng iba, at para magkaroon ng positibong pagtatasa sa harap ng Diyos—iyon lang ang gusto nila. Kaya, gaano man ipangaral ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos, at gaano man katama, katayog, kaespirituwal, at kaangkop sa panlasa ng mga tao ang mga sermon na ipinangangaral nila, wala silang magiging pagsasagawa at pagpasok. Kasabay nito, magreresulta ng mas maraming “bunga” ang kanilang paghahangad sa katayuan at reputasyon. Bakit Ko sinasabi ito? Sinasabi Ko ito dahil anuman ang gawin ng mga taong gaya nito, anuman ang kanilang makamit sa pamamagitan ng matinding pagsisikap, ang direksyon at mga layong hinahangad nila, at ang motibo at pinagmulan na kinikimkim nila sa kaibuturan ng kanilang puso sa tuwing kumikilos sila, ay hindi maihihiwalay mula sa katayuan at reputasyon na mahigpit na nakakabit sa kanilang sariling mga interes.

Sabi nga, aanihin mo ang iyong itanim. Kahit na ano pang uri ng mahusay na kakayahan at mga kaloob ang tinataglay ng mga anticristo, o anumang maka-diyos at espirituwal na pagpapamalas ang ipinapakita nila, dahil kinikimkim nila ang ambisyon at pagnanais na gumamit ng kapangyarihan at kontrolin ang hinirang na mga tao ng Diyos, at dahil hindi nila hinahangad ang katotohanan at hinahanap lamang nila ang reputasyon at katayuan, kaya ba nilang magsagawa nang naaayon sa mga hinihingi ng Diyos? Kaya ba nilang tugunan ang mga pamantayang hinihingi ng Diyos sa kanilang mga kilos? (Hindi.) Kung gayon, ano talaga ang magiging mga kahihinatnan ng kanilang mga kilos at pag-uugali? (Tiyak na ang pagtatatag nila ng kanilang nagsasariling kaharian at na sila ang masusunod.) Tama. Kahit ano pa ang gawin ng mga anticristo, ito ang magiging resulta sa huli. Kaya, ano ang nagdudulot ng ganitong kahihinatnan? Ang pangunahing dahilan nito ay ang kawalan nila ng abilidad na tanggapin ang katotohanan. Sila man ay pungusan, hatulan, o kastiguhin, hindi ito tatanggapin ng mga anticristo sa kanilang puso. Anuman ang kanilang ginagawa, palaging may sariling mga pakay at intensyon ang mga anticristo, palagi silang kumikilos ayon sa kanilang sariling plano, at ang kanilang saloobin sa mga pagsasaayos at sa gawain ng sambahayan ng Diyos ay, “Maaaring mayroon kang isang libong plano, pero mayroon akong isang patakaran”; ang lahat ng ito ay natutukoy ng kalikasan ng mga anticristo. Maaari bang baguhin ng mga anticristo ang kanilang mentalidad at kumilos ayon sa mga katotohanang prinsipyo? Tiyak na imposible iyon, maliban na lang kung direktang hihingin ng ang Itaas sa kanila na gawin ito, kung saan ay makakagawa sila nang kaunti nang napipilitan, dahil kinakailangan. Kung wala man lang silang ginawa, malalantad at matatanggal sila. Sa ganitong mga sitwasyon lang sila nakakagawa ng kaunting tunay na gawain. Ito ang saloobin ng mga anticristo sa paggawa ng mga tungkulin; ito rin ang saloobin nila sa pagsasagawa ng katotohanan: Kapag kapaki-pakinabang para sa kanila ang pagsasagawa sa katotohanan, kapag sasang-ayunan at hahangaan sila ng lahat dahil dito, siguradong aayon sila, at gagawa sila ng mga pakitang-tao na pagsusumikap na nagmumukhang katanggap-tanggap para

sa iba. Kung hindi sila nakikinabang sa pagsasagawa sa katotohanan, kung walang nakakakita nito, at hindi rin ito nakikita ng mga nakatataas na lider, kung gayon, sa ganitong mga pagkakataon, tiyak na hindi nila isasagawa ang katotohanan. Nakasalalay sa konteksto at sitwasyon ang kanilang pagsasagawa sa katotohanan, at isinasaalang-alang nila kung paano nila ito gagawin sa paraang makikita ng iba, at kung gaano kalaki ang mga makukuhang pakinabang; mayroon silang maabilidad na pag-arok sa mga bagay na ito, at kaya nilang umangkop sa iba't ibang sitwasyon. Isinasaalang-alang nila sa lahat ng oras ang kanilang sariling kasikatan, pakinabang at katayuan, at hindi sila nagpapakita ng anumang pagsasaalang-alang para sa mga layunin ng Diyos, at dahil dito, nabibigo silang isagawa ang katotohanan at itaguyod ang mga prinsipyo. Binibigyang-pansin lamang ng mga anticristo ang kanilang sariling kasikatan, pakinabang, katayuan, mga pansariling interes, at ang hindi nila pagkamit ng anumang pakinabang o ang hindi pagbabandera ng kanilang sarili ay hindi katanggap-tanggap, at malaking abala para sa kanila ang pagsasagawa ng katotohanan. Kung hindi pinahahalagahan ang kanilang mga pagsisikap, at kahit na gumagawa sila sa harap ng iba ngunit hindi nakikita ang kanilang gawain, kung gayon, hindi sila magsasagawa ng anumang katotohanan. Kung ang gawain ay direktang isinasaayos ng sambahayan ng Diyos, at wala silang magagawa kundi gawin ito, isinasaalang-alang pa rin nila kung makikinabang ba ang kanilang katayuan at reputasyon dito. Kung mainam ito para sa kanilang katayuan at mapapaangat nito ang kanilang reputasyon, ibinubuhos nila ang lahat ng mayroon sila sa gawaing ito at ginagalingan nila ang trabaho rito; pakiramdam nila ay nasapul nila ang dalawang ibon sa isang bato. Kung hindi ito makabubuti sa kanilang kasikatan, pakinabang, at katayuan, at ang paggawa nito nang hindi maayos ay makapagpapasama sa kanilang imahe, umiisip sila ng paraan o dahilan para matakasan ito. Anumang tungkulin ang ginagampanan ng mga anticristo, lagi silang kumakapit sa iisang prinsipyo: Dapat silang magkaroon ng pakinabang pagdating sa reputasyon, katayuan, o sa kanilang mga interes, at hindi sila dapat magkaroon ng anumang kawalan. Ang klase ng gawaing pinakagusto ng mga anticristo ay kapag hindi nila kailangang magdusa o magbayad ng anumang halaga, at may pakinabang iyon sa kanilang reputasyon at katayuan. Sa kabuuan, anuman ang ginagawa nila, isinasaalang-alang muna ng mga anticristo ang sarili nilang mga interes, at kumikilos lang sila kapag napag-isipan na nilang lahat iyon; hindi sila tunay, sinsero, at lubos na nagpapasakop sa katotohanan nang walang pakikipagkompromiso, kundi ginagawa nila ito nang may pagpili at may kondisyon. Anong kondisyon ito? Ito ay na dapat maingatan ang kanilang katayuan at reputasyon, at hindi sila dapat mawalan ng anuman. Kapag natugunan ang kondisyong ito, saka lang sila magpapasya at pipili kung ano ang gagawin. Ibig sabihin, pinag-iisipang mabuti ng mga anticristo kung paano tatratuhin ang mga katotohanang prinsipyo, ang mga atas ng Diyos, at ang gawain ng sambahayan ng Diyos, o kung paano haharapin ang mga bagay na kaharap nila. Hindi nila isinasaalang-alang kung paano tutugunan ang mga layunin ng Diyos, kung paano iingatang huwag mapinsala

ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, kung paano mapalulugod ang Diyos, o kung paano makikinabang ang mga kapatid; hindi ang mga ito ang isinasaalang-alang nila. Ano ang isinasaalang-alang ng mga anticristo? Kung maapektuhan ba ang kanilang sariling katayuan at reputasyon, at kung bababa ba ang kanilang katanyagan. Kung ang paggawa ng isang bagay ayon sa mga katotohanang prinsipyo ay kapaki-pakinabang sa gawain ng iglesia at sa mga kapatid, subalit magdurusa naman ang kanilang sariling reputasyon at mapagtatanto ng maraming tao ang kanilang tunay na tayog at malalaman kung anong uri ng kalikasang diwa ang mayroon sila, kung gayon, tiyak na hindi sila kikilos alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo. Kung ang paggawa ng tunay na gawain ay magiging sanhi para maging mataas ang tingin sa kanila, tingalain sila at hangaan sila ng mas maraming tao, tulutan silang magkamit ng mas higit pang katanyagan, o magkaroon ng awtoridad ang kanilang mga salita at mas maraming tao pa ang magpasakop sa kanila, kung gayon ay pipiliin nilang gawin ito sa ganoong paraan; kung hindi naman, hindinhindi nila pipiliin na isantabi ang sarili nilang mga interes para isaalang-alang ang mga interes ng sambahayan ng Diyos o ng mga kapatid. Ito ang kalikasang diwa ng mga anticristo. Hindi ba't makasarili at kasuklam-suklam ito? Sa anumang sitwasyon, itinuturing ng mga anticristo na pinakamahalaga ang kanilang katayuan at reputasyon. Walang sinumang maaaring makipagkompetensiya sa kanila. Anumang pamamaraan ang kailangan, basta't nakukuha nito ang loob ng mga tao at napapasamba nito ang iba sa kanila, gagawin ito ng mga anticristo. Kung may ibang tao na pinahahalagahan at sinasang-ayunan ng hinirang na mga tao ng Diyos dahil sa kanyang pagpapatotoo sa Diyos, gagamitin din ng mga anticristo ang pamamaraang ito para kunin ang loob ng mga tao. Ngunit hindi nagtataglay ng katotohanan ang mga anticristo, o ng praktikal na karanasan, kaya pinipiga nila ang kanilang utak na gumawa ng isang hanay ng mga teorya na nagpapatotoo para sa Diyos batay sa mga imahinasyon ng tao, nagsasalita kung gaano kadakila ang Diyos, kung gaano kamahal ng Diyos ang tao, kung paano nagbabayad ng halaga ang Diyos para iligtas ang tao, at kung gaano nagpapakumbaba at nagtatago ang Diyos. Pagkatapos nilang magpatotoo para sa Diyos sa ganitong paraan, ang natatamo nilang kinalabasan ay na mas lalo pa silang pinahahalagahan ng mga tao, at nagkakaroon sila ng mas malaking puwang sa puso ng mga tao, at walang puwang para sa Diyos. Kung nakikita nila na ang pagsasalita tungkol sa pagkakilala sa sarili ay magbibigay-daan na magtiwala sa kanila ang mas maraming tao, hangaan sila, at pahalagahan sila, madalas nilang pag-uusapan ang tungkol sa pagkilala sa kanilang sarili, at madalas na hihimayin ang kanilang sarili. Hihimay-himayin nila ang katunayan na sila ay isang diyablo, na hindi sila tao, na wala silang katwiran, na hindi nila hinahangad ang katotohanan, at na hindi nila taglay ang katotohanan. Magbabahagi sila tungkol sa ilang paimbabaw at walang-kabuluhang paksa para ilihis ang iba, kuhanin ang tiwala ng mga ito, at kumuha ng marami pang tao na pupuri at hahanga sa kanila. Ganito kumilos ang mga anticristo. Kung ang isang partikular na pamamaraan ng pagbabahagi ng patotoong batay sa karanasan ay magbibigay-daan sa kanila para

magtamo ng pagsang-ayon at paghanga ng ibang tao, hindi sila mag-aatubiling gamitin ito. Pagtutuunan, pagsisikapan, at pag-iisipan talaga nila nang husto ang pamamaraang ito. Sa kabuuan, ang layon at motibo nila sa paggawa ng lahat ng ito ay umiikot lamang sa katayuan at reputasyon. Ito man ang kanilang panlabas na wika, mga pamamaraan, pag-uugali, o isang uri ng kaisipan, pananaw, o pamamaraan ng paghahangad, umiikot ang lahat ng ito sa reputasyon at katayuan. Ganito gumagawa ang mga anticristo.

Para sa mga anticristo, kung ang reputasyon o katayuan nila ay inaatake at inaalis, mas seryosong bagay pa ito kaysa sa pagtatangkang kitilin ang kanilang buhay. Kahit gaano pa karaming sermon ang pakinggan nila o kahit gaano pa karaming salita ng Diyos ang basahin nila, hindi sila makakaramdam ng kalungkutan o pagsisisi na hindi nila naisagawa kailanman ang katotohanan at na natahak nila ang landas ng mga anticristo, o na nagtataglay sila ng kalikasang diwa ng mga anticristo. Sa halip, lagi silang nag-iisip ng paraan upang magkamit ng katayuan at pataasin ang kanilang reputasyon. Masasabi na ang lahat ng ginagawa ng mga anticristo ay ginagawa upang magpakitang-gilas sa harap ng iba, at hindi ginagawa sa harap ng Diyos. Bakit Ko nasasabi ito? Ito ay dahil labis na nahuhumaling ang gayong mga tao sa katayuan na itinuturing nila ito bilang pinakabuhay na nila, bilang panghabambuhay nilang layon. Higit pa rito, dahil mahal na mahal nila ang katayuan, hindi sila kailanman naniniwala sa pag-iral ng katotohanan, at masasabi pa ngang hinding-hindi sila naniniwala na mayroong Diyos. Kaya, paano man sila magkalkula upang magkamit ng reputasyon at katayuan, at paano man nila subukang magpanggap upang lokohin ang mga tao at ang Diyos, sa kaibuturan ng kanilang puso, wala silang kamalayan o paninisi sa sarili, lalo na ng anumang pagkabalisa. Sa kanilang patuloy na paghahangad sa reputasyon at katayuan, walang pakundangan din nilang itinatangi ang nagawa ng Diyos. Bakit Ko sinasabi iyon? Sa kaibuturan ng puso ng mga anticristo, naniniwala sila na, “Lahat ng reputasyon at katayuan ay nakakamtan sa pamamagitan ng sariling pagsusumikap ng tao. Sa pagkakamit lamang ng matibay na posisyon sa gitna ng mga tao at pagkakamit ng reputasyon at katayuan niya matatamasa ang mga pagpapala ng diyos. May halaga lamang ang buhay kapag ang mga tao ay nagkakamit ng ganap na kapangyarihan at katayuan. Ito lamang ang pamumuhay na tulad ng isang tao. Sa kabaligtaran, walang silbi ang mamuhay sa paraang sinasabi sa salita ng diyos—ang magpasakop sa kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng diyos sa lahat ng bagay, ang bukal sa loob na lumugar sa posisyon ng isang nilikha, at ang mamuhay gaya ng isang normal na tao—walang titingala sa gayong tao. Dapat pagsumikapan ng isang tao ang kanyang katayuan, reputasyon, at kaligayahan; dapat ipaglaban at sunggaban ang mga ito nang may positibo at maagap na saloobin. Walang ibang magbibigay ng mga ito sa iyo—ang pasibong paghihintay ay hahantong lang sa kabiguan.” Ganito magkalkula ang mga anticristo. Ito ang disposisyon ng mga anticristo. Kung umaasa kang tatanggapin ng mga anticristo ang katotohanan, aaminin ang mga pagkakamali, at magkakaroon sila ng tunay na pagsisisi, imposible ito—hinding-hindi nila ito kayang gawin. Taglay ng mga

anticristo ang kalikasang diwa ni Satanas, at kinamumuhian nila ang katotohanan, kaya, kahit saan man sila magpunta, kahit na pumunta sila sa dulo ng mundo, hinding-hindi magbabago ang ambisyon nila ng paghahangad sa reputasyon at katayuan, at pati na rin ang kanilang pananaw sa mga bagay-bagay, o ang landas na kanilang tinatahak. Sasabihin ng ilang tao na: “May ilang anticristo na kayang baguhin ang kanilang pananaw sa bagay na ito.” Tama ba ang pahayag na ito? Kung talagang kaya nilang magbago, mga anticristo pa rin ba sila? Ang mga may kalikasan ng isang anticristo ay hinding-hindi magbabago. Ang mga nagtataglay ng disposisyon ng isang anticristo ay magbabago lamang kung hahangarin nila ang katotohanan. Ang ilang tao na tumatahak sa landas ng isang anticristo ay gumagawa ng kasamaan na gumugulo sa gawain ng iglesia, at bagama’t inilalarawan sila bilang mga anticristo, matapos silang tanggalin, nakakaramdam sila ng tunay na pagsisisi, at nagpapasya silang magbagong-buhay, at pagkatapos ng panahon ng paghinatay, pagkilala sa sarili, at pagsisisi, sumasailalim sila sa isang tunay na pagbabago. Sa ganitong sitwasyon, ang mga taong ito ay hindi maaaring ilarawan bilang mga anticristo; nagtataglay lamang sila ng disposisyon ng isang anticristo. Kung hahangarin nila ang katotohanan, maaari silang magbago. Gayumpaman, tiyak na masasabi na ang karamihan sa mga nailarawan bilang mga anticristo, mga pinaalis, o mga pinatalsik ng iglesia ay hindi tunay na magsisisi o magbabago. Kung mayroon man sa kanila ang magbago, bihira lang iyon. Magtatanong ang ilang tao: “Kung gayon, mali bang nailarawan ang mga bihirang kasong iyon?” Imposible ito. Kung tutuusin, may nagawa naman talaga silang kasamaan, at hindi ito maaaring balewalain. Gayumpaman, kung magagawa nilang tunay na magsisi, kung handa silang gumawa ng tungkulin, at kung sila ay nagtataglay ng tunay na patotoo ng kanilang pagsisisi, maaari pa rin silang tanggapin ng iglesia. Kung lubusang tatanggi ang mga taong ito na aminin ang kanilang pagkakamali o magsisi pagkatapos silang mailarawan bilang mga anticristo, at patuloy nilang pangangatwiran ang kanilang sarili sa anumang paraan, kung gayon, tumpak at ganap na tama na ilarawan sila bilang mga anticristo. Kung inamin nila ang kanilang mga pagkakamali at nakaramdam sila ng tunay na pagsisisi, paanong ilarawan pa rin sila ng iglesia bilang mga anticristo? Imposible iyon. Kahit sino pa siya, kahit gaano karaming kasamaan ang ginawa niya, o gaano kalubha ang kanyang mga kamalian, kung ang isang tao ba ay natukoy bilang isang anticristo o nagtataglay ng disposisyon ng isang anticristo ay nakasalalay sa kung nagagawa niyang tanggapin ang katotohanan at ang mapungusan, at kung taglay niya ang tunay na pagsisisi. Kung kaya niyang tanggapin ang katotohanan at ang mapungusan, kung taglay niya ang tunay na pagsisisi, at handa siyang igugol ang buong buhay niya sa pagtatrabaho para sa Diyos, kung gayon, tunay itong nagpapahiwatig ng kaunting pagsisisi. Ang isang taong gaya nito ay hindi maaaring ilarawan bilang isang anticristo. Kaya ba talagang tanggapin ng mga tunay na anticristong iyon ang katotohanan? Talagang hindi. Ito ay tiyak na dahil sa hindi nila mahal ang katotohanan, at tutol sila sa katotohanan, na hindi nila kailanman magagawang bitiwang ang reputasyon at katayuan,

mga bagay na mahigpit na nakakabit sa kanilang buong buhay. Matatag na naniniwala ang mga anticristo sa kanilang puso na kapag may reputasyon at katayuan, saka lamang sila magkakaroon ng dignidad at magiging tunay na mga nilikha, at na kapag may katayuan, saka lamang sila magagantimpalaan at makokoronahan, magiging marapat na sang-ayunan ng Diyos, magkakamit ng lahat ng bagay, at magiging isang totoong tao. Ano ang tingin ng mga anticristo sa katayuan? Tinitingnan nila ito bilang ang katotohanan; itinuturing nila ito bilang ang pinakamataas na layong dapat hangarin ng mga tao. Hindi ba't problema iyon? Ang mga taong maaaring mahumaling sa katayuan sa ganitong paraan ay tunay na mga anticristo. Kauri sila ng mga taong katulad ni Pablo. Naniniwala sila na ang paghahangad sa katotohanan, paghahanap ng pagpapasakop sa Diyos, at paghahanap ng pagkamatapat ay pawang mga proseso na umaakay sa isang tao sa pinakamataas na posibleng katayuan; mga proseso lamang ito, hindi ang layon at pamantayan ng pag-asal, at na ginagawa lamang ang mga ito para makita ng Diyos. Ang pagkaunawang ito ay isang kalokohan at katawa-tawa! Ang mga taong walang katuturan lamang na namumuhi sa katotohanan ang makakaisip ng gayong katawa-tawang ideya.

Pagdating sa mga anticristo, anumang aspekto ng katotohanan ang pagbabahaginan ninyo, ang kanilang pamamaraan ng pag-arok at pag-unawa ay magiging iba kaysa sa mga taong naghahangad sa katotohanan. Pagkatapos marinig ang katotohanan, iniisip ng mga taong naghahangad nito na, "Hindi ko taglay ang aspektong ito ng katotohanan, at maiuugnay ko sa aking sarili ang kalagayang ito na ibinunyag ng Diyos. Bakit kaya, pagkatapos makinig dito, ay ramdam ko na puno ako ng pagsisisi at pagkakautang sa Diyos? Napakalayo ko pa rin sa paghahangad sa katotohanan, at malayo pa rin ako sa tunay na pagpapasakop. Nakakaramdam ako ng sobrang takot; ito ay naging isang pampagising sa akin. Akala ko ay maayos ang lagay ko kamakailan, at hindi ko alam na hindi pala talaga ako isang tao na nagsasagawa sa katotohanan o nagpapalugod sa Diyos. Simula ngayon, kailangan kong maging maingat at masinop, at tumuon sa pagdarasal sa harap ng Diyos at pagsusumamo sa Kanya para sa patnubay at pagtanglaw. Hindi ako dapat sumunod sa sarili kong kagustuhan. Lalaliman ko ang pagpasok sa aspektong ito ng katotohanan, at mayroon pa akong puwang para umusad. Sana ay maghanda ang Diyos ng isang kapaligiran na makapagpapahintulot sa akin na gumampan nang mas mabuti, at na makapag-alay ng aking sinseridad at katapatan." Ganito mag-isip ang mga taong naghahangad sa katotohanan. Kaya, paano naa-arok ng mga anticristo ang iba't ibang uri ng mga katotohanan? Pagkatapos marinig ang mga salita ng Diyos na sumasaway sa tao, ano ang iniisip nila? "Hindi ako naging mahusay roon, nagkaroon ako ng kapabayaang sa mga kilos ko, at may mga pagkakamaling lumitaw. Ilan kaya ang nakakaalam tungkol dito? Napakalinaw ng pagkakasabi ng mga salita ng diyos; ibig bang sabihin niyon ay nakilatis na niya ako? Kung gayon, hindi ito magandang kinalabasan; hindi ito ang gusto ko. Kung nakilatis na ako ng diyos, may iba pa bang nakakaalam tungkol dito? Kung may nakakaalam, mas malala pa nga iyon. Kung ang diyos lang ang

nakakaalam, at wala nang iba, ayos lang iyon. Kung naririnig ng ilang tao ang mga salitang ito ng diyos na naglalantad sa tao at iniuugnay at ginagamit nila ang mga ito sa akin, magiging masama iyon para sa reputasyon ko. Kakailanganin kong mag-isip ng paraan para maremedyuhan ito. Paano ko ito mareremedyuhan?” Ganito magnilay-nilay ang mga anticristo. Halimbawa, pagkatapos makinig sa pagbabahagi ng Diyos tungkol sa kung paanong dapat na maging matapat ang mga tao, kaagad na iisipin ng isang anticristo na, “Ang mga hangal lamang ang nagsisikap na maging matapat na tao. Paanong magiging isang matapat na tao ang isang matalinong kagaya ko? Ang matatapat na tao ay mga hangal at mga tunggak; sinasabi nila ang anumang pumapasok sa isipan nila, sinasabi nila sa ibang mga tao ang lahat at hinahayaan ang mga iyon na maintindihan ang lahat. Hinding-hindi ko gagawin iyon! Ang pagsasabi ng Diyos na dapat tayong maging matapat na tao ay depende lang sa sitwasyon, kaya magiging matalinong tao na lang ako, at iyon na iyon. Tungkol sa pagiging matapat na tao, pipiliin ko na lang at pagpapasyahan kung kailan ako magiging ganoon. Magtatapat ako tungkol sa ilang bagay, pero hindi ko sasabihin ang lahat ng lihim at mga nakatagong bagay na iyon na kinikimkim ko sa kaibuturan ng aking puso, mga bagay na maaaring magpababa ng tingin ng mga tao sa akin kung sasabihin ko ang mga ito. Ano bang benepisyong mayroon sa pagiging matapat na tao? Sa tingin ko ay walang anumang benepisyong ito. Palaging hinihimay-himay ng ilang tao ang kanilang sarili, nagsisikap na maging matapat na tao at magsalita nang matapat, at naglalahad ng kanilang mga tiwaling disposisyon, pero hindi nila natamo ang biyaya ng diyos, at kapag dapat silang pungusan, pinupungusan pa rin sila; hindi sila binibigyan ng diyos ng anumang karagdagang pagtataas.” Patuloy silang nagninilay-nilay, “Kailangan kong pumili ng ibang daan. Hindi ito ang landas na dapat kong tahakin; ipapaubaya ko na lang ito sa iba. Paanong mamumuhay nang ganoon ang isang matalinong taong katulad ko?” Anumang aspekto ng katotohanan ang naririnig ng isang anticristo, ano ang mga kinakalkula niya sa puso niya? Kaya ba niyang maarok nang dalisay ang katotohanan? Kaya ba niya itong tanggapin bilang ang katotohanan sa kaibuturan ng kanyang puso? Talagang hindi. Palagi siyang nagkakalkula at nagpapakana, at patuloy na nagmamasid. Paano siya tumutugon sa huli? Nagbabago siya ayon sa sitwasyon, nakikiangkop siya sa mga kondisyon, siya ay mautak at tuso sa kanyang pakikitungo sa ibang tao, at kumikilos nang ganap na palihim. Anuman ang kanyang ginagawa, anuman ang kanyang iniisip o kinakalkula sa kaibuturan, hindi niya maaaring ipaalam sa iba, ni ipaalam sa Diyos; hindi niya maaaring ilantad ang mga bagay na ito sa Diyos, lalo na ang makipag-usap siya tungkol dito nang malinaw sa mga tao—naniniwala siya na ang mga bagay na ito ay personal na niyang usapin. Kaya, ang mga anticristo ay ang uri ng mga tao na talagang hindi kayang magsagawa sa katotohanan. Bukod sa hindi pagsasagawa sa katotohanan, hinahamak din nila ang mga taong nagsasagawa nga sa katotohanan, at higit pa roon, kinukutya nila ang mga tao na napupungusan dahil nakagawa ang mga ito ng ilang paglihis habang nagsasagawa sa katotohanan, o dahil nagkaroon ang mga ito ng mga maling pagliko, o

nakagawa ng ilang pagkakamali, at tinatawanan nila ang mga ito mula sa isang tabi. Hindi sila naniniwala sa pagiging matuwid ng Diyos, lalong hindi sila naniniwala na ang iba't ibang paraan ng pagtrato ng Diyos sa mga tao ay kinapapalooban ng katotohanan at ng Kanyang pagmamahal sa mga ito; hindi naniniwala ang mga anticristo sa mga bagay na ito. Sa pananaw nila, naniniwala sila na ang lahat ng bagay na ito ay mga kasinungalingan na naglalayong linlangin ang mga tao; iniisip nila na ang mga ito ay pawang mga dahilan lamang, isang kumpol ng mga salita na magandang pakinggan. At ano ang madalas na lihim nilang ikinatutuwa? "Buti na lang hindi ako ganoon kahangal para ialok ang lahat; buti na lang, hindi ako nagsalita tungkol sa marurumi at mga pangit na bagay na iyon na kinikimkim ko sa kaibuturan; buti na lang, patuloy ko pa ring pinanghahawakan ang aking katayuan at reputasyon at ginagawa ang aking buong makakaya para hangarin ang mga ito, at nagpupursigi pa rin ako alang-alang sa mga ito. Kung hindi ako nagpursigi para sa sarili kong kapakanan, sino pa ang mag-aalala para sa akin?" Ang mga anticristo ay hindi lamang mapanlinlang, kundi sila ay mga buktot din, tutol sila sa katotohanan, at malupit ang kanilang disposisyon; ibig sabihin, ang lahat ng aspekto ng tiwaling disposisyon na namamalas sa mga tiwaling tao ay higit pang nakumpirma at "itinaas" sa mga anticristo. Kung nais mong tingnan ang mga tiwaling disposisyon ng sangkatauhan, maghanap ka ng isang anticristo na hihimay-himayin at pakikitunguhan; iyon ang pinakamahusay na paraan sa paglalarawan sa isyu, at ang pinakamabisang paraan para makilatis ang tiwaling diwa ng tiwaling sangkatauhan at ang mukha ni Satanas. Kung gagamitin mo ang isang anticristo bilang pangunahing halimbawa, at hihimay-himayin at kikilalanin siya, mas malinaw mong mauunawaan ang mga bagay na ito.

Ang paghahangad ng mga anticristo sa katayuan at reputasyon ay mas higit pa kaysa sa paghahangad ng mga ordinaryong tao, at gayundin ang kanilang pagnanais para sa katayuan at reputasyon. Hindi ganoon kalaki ang pagnanais ng mga ordinaryong tao para sa katayuan at reputasyon, samantalang ang pagnanais na iyon sa mga anticristo ay napakalakas at halatang-halata. Sa sandaling nakaugnayan mo ang isang anticristo at nakausap siya at nakasama siya, malalantad sa harap mo ang kanyang kalikasang diwa, at agad mo siyang makikilatis. Ganito kalaki ang kanyang pagnanais. Kapag lumalim na ang iyong pakikipag-ugnayan sa kanya, makararamdam ka ng pagkasuklam sa kanya at itatakwil mo siya. Sa huli, hindi mo lang siya itatakwil, kokondenahin at isusumpa mo pa siya. Ang mga anticristo ay hindi mabubuting bagay; sila ay mga kaaway ng Diyos, at kaaway rin ng lahat ng naghahangad sa katotohanan. Ang mga anticristo ay tutol sa katotohanan, at kayang-kaya nilang gumawa ng iba't ibang uri ng masasamang bagay alang-alang sa kanilang katayuan at reputasyon. Sa lahat ng kanilang ginagawa, magpapanggap sila, manggagaya, at makikisakay sa sitwasyon, nagkokompromiso alang-alang sa katayuan at reputasyon. Ang mismong mga kaluluwa at diwa ng mga taong tulad nito ay marumi; sila ay kasuklam-suklam. Wala silang kahit isang patak ng pagmamahal sa katotohanan o sa mga positibong bagay. Kasabay nito, ginagamit nila

ang mga positibong bagay at ang pangangaral ng mga tamang salita at doktrina para ilihis ang mga tao, upang magkamit sila ng reputasyon at katayuan, at matugunan ang kanilang mga pagnanais at ambisyon. Ito ang pag-uugali at diwa ng mga anticristo. Hindi mo makikita kung ano ang hitsura ni Satanas, kung paano umaasal sa mundo si Satanas at nakikitungo sa mga tao, at kung anong uri ng kalikasang diwa mayroon si Satanas; hindi mo alam kung anong klaseng bagay ba mismo si Satanas sa mga mata ng Diyos. Hindi ito problema; ang kailangan mo lang gawin ay pagmasdan at himay-himayin ang isang anticristo, at makikita mo ang lahat ng bagay na ito—ang kalikasang diwa ni Satanas, ang pangit na mukha ni Satanas, at ang kabuktutan at kalupitan ni Satanas—ang lahat ng ito ay makikita mo. Ang mga anticristo ay mga buhay na Satanas; sila ay mga buhay na demonyo.

1. Kung Paano Tinatrato ng mga Anticristo ang Mapungusan

Ang mga anticristo ay nagkikimkim ng mga napakalaking ambisyon at pagnanais pagdating sa katayuan at reputasyon, at masyado itong nakakasuya at kasuklam-suklam para sa iba. Sapat na ito para maipakita na ang kalikasang diwa ng isang anticristo ay napakapangit at buktot. Kung gayon, aling mga partikular na pagpapamalas ang naglalarawan sa kalikasang diwa ng isang anticristo? Una, pag-isipan natin kung paano tinatrato ng mga anticristo ang mapungusan. (Kinamumuhian nila ito at hindi nila ito tinatanggap.) Sa anong paraan nila ito kinamumuhian? Idetalye mo. (May isang anticristo na gumawa ng maraming kasamaan, at nang ilantad ng mga kapatid ang ilan sa kanyang mga pagpapamalas, hindi man lang siya nagsisi, masyado siyang mapagmatigas, at hindi man lang nakaramdam ng kahit katiting na pagsisisi. Pakiramdam pa nga niya ay inagrabyado siya. Ito ang uri ng pagpapamalas na nakita ko.) Isa itong klasikong pagpapamalas ng isang anticristo. Ang karaniwang pag-uugali ng mga anticristo sa pagpupungos ay ang masidhing tanggihan na tanggapin o aminin iyon. Gaano man karaming kasamaan ang ginagawa nila o gaano mang pinsala ang ginagawa nila sa gawain ng sambahayan ng Diyos at sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos, hindi sila nakakaramdam ni katiting na pagsisisi o na may pagkakautang silang anuman. Mula sa pananaw na ito, mayroon bang pagkatao ang mga anticristo? Talagang wala. Nagdudulot sila ng samu't saring pinsala sa hinirang na mga tao ng Diyos at nagdadala ng pinsala sa gawain ng iglesia—kitang-kita ito nang maliwanag pa sa sikat ng araw ng hinirang na mga tao ng Diyos, at nakikita nila ang sunod-sunod na masasamang gawa ng mga anticristo. At gayumpaman ay hindi tinatanggap o kinikilala ng mga anticristo ang katunayang ito; nagmamatigas silang tumatangging aminin na mali sila o na sila ang may pananagutan. Hindi ba't isa itong indikasyon na tutol sila sa katotohanan? Tutol ang mga anticristo sa katotohanan hanggang sa puntong ito—gaano man karaming masamang bagay ang gawin nila, matigas silang tumatangging aminin ito, at nananatili silang hindi nagpapasakop hanggang sa huli. Sapat nitong pinatutunayan na hindi kailanman sineseryoso ng mga anticristo ang gawain ng sambahayan ng Diyos o

tinatanggap ang katotohanan. Hindi sila naparito para manampalataya sa Diyos; mga alipin sila ni Satanas, na naparito para gambalain at guluhin ang gawain ng sambahayan ng Diyos. Reputasyon at katayuan lamang ang laman ng puso ng mga anticristo. Naniniwala sila na kung aaminin nila ang kanilang pagkakamali, kakailanganin nilang tanggapin ang responsabilidad, at kung magkagayon, lubhang makokompromiso ang kanilang katayuan at reputasyon. Bilang resulta, lumalaban sila nang may saloobin ng “magkaila hanggang mamatay.” Paano man sila inilalantad o hinihimay-himay ng mga tao, ginagawa nila ang makakaya nila para itanggi ito. Kung sinasadya man o hindi ang kanilang pagtanggì, sa madaling salita, sa isang banda, inilalantad ng mga ugaling ito ang kalikasang diwa ng mga anticristo na tumututol at namumuhi sa katotohanan. Sa isa pang banda, ipinapakita nito kung gaano pinahahalagahan ng mga anticristo ang kanilang sariling katayuan, reputasyon, at mga interes. Samantala, ano ang kanilang saloobin ukol sa gawain at mga interes ng iglesia? Iyon ay paghamak at pagiging iresponsable. Walang-wala silang konsensiya at katwiran. Ipinapakita ba ng pag-iwas ng mga anticristo sa responsabilidad ang mga problemang ito? Sa isang banda, ang pag-iwas sa responsabilidad ay nagpapatunay sa kanilang kalikasang diwa ng pagtutol at pagkamuhì sa katotohanan, habang sa isa pang banda, ipinapakita nito ang kawalan nila ng konsensiya, katwiran, at pagkatao. Gaano man napipinsala ng kanilang panggugulo at masasamang gawain ang buhay pagpasok ng mga kapatid, hindi sila nakadarama ng paninisi sa sarili at hindi kailanman nalulungkot tungkol dito. Anong uri ng nilikha ito? Kahit ang pag-amin sa kaunting parte ng kanilang pagkakamali ay maituturing bilang pagkakaroon nila ng kaunting konsensiya at katwiran, ngunit wala ni katiting na ganoong pagkatao ang mga anticristo. Kaya ano sila sa palagay ninyo? Ang mga anticristo ay mga diyablo sa diwa. Gaano mang pinsala ang kanilang ginagawa sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, hindi nila ito nakikita. Hindi nila ito ikinalulungkot ni bahagya sa kanilang puso, ni hindi nila sinisisi ang kanilang mga sarili, at lalong hindi sila nakakaramdam ng pagkakautang. Hinding-hindi ito ang dapat na makita sa mga normal na tao. Sila ay mga diyablo, at ang mga diyablo ay walang anumang konsensiya o katwiran. Kahit gaano karaming masamang bagay ang ginagawa nila, at kahit gaano kalaking mga kawalan ang idinudulot nila sa gawain ng iglesia, mariin nilang tinatangging aminin ito. Naniniwala sila na ang pag-amin dito ay nangangahulugang may nagawa silang mali. Iniisip nila, “Makakagawa ba ako ng mali? Hindi ako kailanman gagawa ng mali! Kung ipapaamin sa akin ang pagkakamali ko, hindi ba’t isang insulto iyon sa aking karakter? Bagama’t sangkot ako sa insidenteng iyon, hindi ako ang nagpasimuno nito, at hindi ako ang pangunahing responsable rito. Hanapin mo ang sinumang gusto mo, pero hindi dapat ako ang hinahanap mo. Ano’t anuman, hindi ko puwedeng aminin ang pagkakamaling ito. Hindi ko puwedeng pasanin ang responsabilidad na ito!” Iniisip nila na sila ay kokondenahin, sesentensiyahan ng kamatayan, at ipapadala sa impiyerno at sa lawa ng apoy at asupre kung aaminin nila ang kanilang pagkakamali. Sabihin mo sa Akin, kaya bang tanggapin ng ganitong mga tao ang katotohanan? Makakaasa ba ang

isang tao na tunay siyang magsisisi? Paano man magbahagi ang iba tungkol sa katotohanan, nilalabanan pa rin ito ng mga anticristo, ipinupwesto nila ang kanilang sarili laban dito, at sinusuwat ito sa kaibuturan ng kanilang puso. Kahit pagkatapos silang tanggalin, hindi pa rin nila inaamin ang kanilang mga pagkakamali, at wala silang ipinapakitang anumang pagpapamalas ng pagsisisi. Nang binanggit ang usapin pagkatapos ng 10 taon, hindi pa rin nila kilala ang kanilang sarili, at hindi pa rin nila inaamin na nagkamali sila. Nang binanggit ang usapin pagkatapos ng 20 taon, hindi pa rin nila kilala ang kanilang sarili, at sinusubukan pa rin nilang pangatwiranan at ipagtanggol ang kanilang sarili. At ang mas kasuklam-suklam pa, nang binanggit ang usapin pagkatapos ng 30 taon, hindi pa rin nila kilala ang kanilang sarili, at sinusubukan pa rin nilang makipagtalo at pangatwiranan ang kanilang sarili, sinasabing: “Hindi ako nagkamali, kaya hindi ko puwedeng aminin ito. Hindi ko ito responsabilidad; hindi ko dapat pasanin ito.” At sa gulat ng lahat, 30 taon pagkatapos silang tanggalin, nagkikimkim pa rin ang mga anticristong ito ng isang saloobin ng paglaban ukol sa paraan ng pangangasiwa sa kanila ng iglesia. Kahit na pagkatapos ng 30 taon, hindi man lang sila nagbago. Kung gayon, paano nila ginugol ang 30 taon na iyon? Maaari kayang hindi nila binasa ang salita ng Diyos o pinagnilayan ang kanilang sarili? Maaari kayang hindi sila nagdasal o nagtapat ng saloobin sa Diyos? Maaari kayang hindi sila nakinig sa mga sermon at pagbabahaginan? Maaari kayang hindi sila nag-iisip, at hindi nagtataglay ng pag-iisip ng isang normal na pagkatao? Tunay na isang misteryo kung paano nila ginugol ang 30 taon na iyon. Tatlung taon pagkatapos mangyari ang insidente, puno pa rin sila ng sama ng loob, iniisip na inagrabyado sila ng mga kapatid, na hindi sila nauunawaan ng Diyos, na hindi sila tinrato nang maayos ng sambahayan ng Diyos, naglikha ito ng mga problema para sa kanila, pinahirapan sila nito, at hindi makatarungang pinagbintangan sila nito. Sabihin ninyo sa Akin, kaya bang magbago ng ganitong mga tao? Tiyak na hindi nila kayang magbago. Ang puso nila ay puno ng pagkamapanlaban sa mga positibong bagay, at ng paglaban at pagsalungat. Naniniwala sila na, sa pamamagitan ng paglalantad sa kanilang masasamang gawa at ng pagpupungos sa kanila, sinisira ng ibang tao ang kanilang karakter, dinudungisan ang kanilang reputasyon, at dinudulutan ng napakalaking pinsala ang kanilang reputasyon at katayuan. Hindi sila kailanman lalapit sa Diyos para magdasal, maghanap, at kilalanin ang kanilang sariling mga pagkakamali sa usaping ito, at hindi sila kailanman magkakaroon ng saloobin ng pagsisisi o pag-amin sa kanilang mga pagkakamali. Lalong hindi nila tatanggapin ang paghatol at pagkastigo ng mga salita ng Diyos. Ngayon, nagkikimkim pa rin sila ng pagsuwat, kawalan ng kasiyahan, at mga hinaing habang pinangangatwiranan nila ang kanilang sarili sa Diyos, at hinihiling sa Diyos na ituwid ang mga kamaliang ito, na ibunyag ang usaping ito, at na hatulan kung sino talaga ang tama at sino ang mali, hanggang sa puntong pinagdududahan at itinatatwa pa nga nila ang pagiging matuwid ng Diyos dahil sa usaping ito, at pinagdududahan at itinatatwa ang katunayan na ang sambahayan ng Diyos ay pinamumunuan ng katotohanan at ng Diyos. Ito ang huling kalalabasan ng pagpupungos

sa mga anticristo—tinatanggap ba nila ang katotohanan? Hindi nila tinatanggap ang katotohanan kahit kaunti; determinado silang hindi tanggapin ito. Mula rito, makikita natin na ang kalikasang diwa ng isang anticristo ay tumututol at namumuhi sa katotohanan.

Dahil hindi tinatanggap ng mga anticristo ang mapungusan, mayroon ba silang anumang kaalaman sa pagpupungos? Kapag nagbabahagi sila tungkol sa aspektong ito ng katotohanan, ano ang sinasabi nila? Ano ang itinuturo nila sa iba? Sinasabi nila, “Ang pagpupungos sa mga tao ay isang pamamaraan na ginagamit ng diyos para gawin silang perpekto. Nagbibigay-daan ito sa mga tao na mas makilalang mabuti ang kanilang sarili. Kapag ang mga tao ay pinupungusan, dapat nilang tanggapin ito at dapat magpasakop sila rito nang walang kondisyon. Ang mga hindi tumatanggap sa pagpupungos ay mga tao na naghihimagsik laban sa diyos at hindi nagmamahal sa katotohanan. Kung gusto mong isagawa ang katotohanan, kailangan mo munang tumanggap ng pagpupungos; ganito ginagawang perpekto ng diyos ang mga tao, at dapat itong maranasan ng bawat indibidwal. Masasabing ang pagtanggap sa pagpupungos ay isa sa mga pinakamagandang landas ng pagsasagawa para maunawaan ng mga tao ang katotohanan at nang sa gayon ay makilala nila ang kanilang sarili at mapalugod ang diyos. Kahit sino ka man—isang lider o isang ordinaryong mananampalataya—at anumang tungkulin ang ginagampanan mo, dapat kang maghandang mapungusan. Kung hindi mo matanggap ang mapungusan, pinatutunayan nito na isa kang taong walang tayog, isang bata. Ang bawat isa na kayang tanggapin ang mapungusan ay isang taong nasa hustong gulang na nagtataglay ng buhay at may kapabilidad na magawang perpekto.” Ang malalaking salitang ito ay lumalabas mula sa bibig ng mga anticristo na parang mga pukpok ng martilyo, at napakagandang pakinggan ng mga ito! Pero ano ang mga salitang ito? Ang isa man lang bang linya na binibigkas nila ay ang katotohanan? Nakikilatis ba ninyo ito? Madalas din kayong nagsasabi ng gayong mga bagay, hindi ba? (Oo.) Sabihin ninyo sa Akin, ano ang mga salitang ito? (Mga doktrina.) Gumamit ng karaniwang parirala upang ibuod at tukuyin kung ano ang mga doktrina. (Mga islogan.) May iba pa ba kayong naiisip na mga parirala? (Mga walang-kuwenta at teoretikal na salita.) Mayroon pa ba? (Lahat ng ito ay basura at kalokohan.) Tama, tumatama sa punto ang depinisyong ito, at ito ay makatotohanan. Ito ay tinatawag na pang-araw-araw na wika: Ang mga doktrina ay puro kalokohan. Ano ang ipinapahiwatig ng salitang “kalokohan”? Mga walang-kabuluhang salita. Sa realidad, paano natin ito inilalarawan? Bilang mga salita at doktrina. Ang mga salitang ito na binibigkas ng mga anticristo ay mga salita at doktrina lamang. Pagdating sa paksa ng pagpupungos, kaya nilang bigkasin nang madalas ang mga doktrinang ito, ngunit pinatutunayan ba niyon na tunay nilang nauunawaan at naaarok ito? Sa sandaling marinig ninyo silang bumibigkas ng mga salitang ito, alam ninyo na wala silang tunay na pagkaunawa sa pagpupungos. Ang kanilang abilidad na bumigkas ng ganitong tambak ng mga kalokohan ay nagpapakita na hindi nila hinahangad ang katotohanan. Kung talagang mapupungusan sila, hinding-hindi nila tatanggapin ito. Ang saloobin ng isang anticristo sa pagpupungos ay iyong

pagkamapanlaban at pagtutol; hindi siya ganap na tumatanggap o nagpapasakop dito bilang ang katotohanan. Para sa kanya, ang paggawa niyon ay magiging isang insulto sa kanyang karakter at dignidad.

Mayroon pa ba kayong ibang halimbawa tungkol sa kung paano tinatrato ng mga anticristo ang mapungusan? (Ang ilang anticristo, kapag nahaharap sa pagpungos, ay maaaring tila natututo nang kilalanin ang kanilang sarili kung titingnan sa panlabas, ngunit sa likod ng kanilang mga salita, sa loob nito ay magkakaroon ng mga sopismo at isang katangian ng pagtatangkang ilihis ang mga tao. Minsan, kapag nagkakamali sila, sinasabi nila na, “Pinahintulutan ng diyos na mangyari ito, dapat magpasakop ang lahat sa kataas-taasang kapangyarihan ng diyos.” Minsan, gumagawa pa nga ang mga anticristo ng mga huwad na kontra-akusasyon, nagsasabi na, “Hindi mo dapat subukang hanapan ng mali ang mga lider at manggagawa, o magkaroon ng sobrang taas na mga hinihingi sa kanila.” Sinasabi ng mga anticristo ang gayong mga bagay para subukang ilihis ang mga tao at pigilan ang mga tao na makilatis sila.) Ito ay isang pagpapamalas—ibig sabihin, binabaluktot ng mga anticristo ang mga mali para maging tama, binabaligtad nila ang puti at itim. Sa takot na makita ng mga tao ang kanilang mga problema, nagmamadali ang mga anticristo na gumawa ng sopismo at gumamit ng lahat ng uri ng pasalitang panlalansi para ilihis ang mga tao, guluhin ang isipan ng mga ito, at palabuin ang paningin ng mga ito, upang pigilan ang mga ito na magkaroon ng anumang kaalaman o pagkilatis sa mga bagay na ginawa nila, at sa gayon ay mapanatili ang kanilang mataas na katayuan at magandang reputasyon sa isipan ng mga tao. Ito ay kaparehong uri ng saloobin na binanggit natin kanina, tungkol sa kung paanong tiyak na hindi magbabago ang mga anticristo kapag sila ay pinungusan, o kapag sila ay nagkamali o tumahak sa maling landas. Ano pa ang ibang halimbawa? (Naghihinanakit ang mga anticristo sa sinumang pumupungos sa kanila, at sa kalaunan ay maaari pa ngang maghanap sila ng mga pagkakataon na gantihan at atakihin ang taong ito.) Ang pag-atake at pagganti ay isa pang pagpapamalas. Paano ito nauugnay sa pagprotekta ng mga anticristo sa kanilang sariling katayuan at reputasyon? Bakit nila gustong umatake at gumanti? (Ang sinumang nagpungos sa kanila ay naglantzad sa lahat ng kasamaan na ginawa nila at sa mga katunayan ng usapin; sinira ng taong ito ang kanilang katayuan at reputasyon, at winasak ang imahe nila na umiiral sa puso ng mga tao, kaya’t nagkimkim sila ng hinanakit dito.) Tama, doon nakasalalay ang ugnayan. Iniisip nila na sinira ng mga taong nagpungos sa kanila ang kanilang pride, inilagay sila sa kahihyan, sinira ang kanilang reputasyon, at lubos na ibinaba ang kanilang katayuan sa isipan ng iba sa pamamagitan ng paglantzad sa kanila sa harap ng maraming tao. Ito ang dahilan ng kanilang pagganti. Dahil dito, nasira ang kanilang reputasyon at katayuan, at upang mailabas ang kanilang sama ng loob at ang pagkamuhi sa kanilang puso, naghahanap sila ng mga pagkakataon para atakihin at gantihan ang mga tao na naglantzad at pumungos sa kanila. Ano pang ibang pagpapamalas ang ipinapakita ng mga anticristo? (Napakatuso rin ng ilang anticristo. Kapag may pumupungos sa kanila, maaaring hindi sila kokontra rito o magpapahayag

ng anumang pagkontra sa panlabas, at sa katunayan, tila may nauunawaan na sila sa kanilang sarili, pero sa kalaunan, patuloy nilang gagawin ang parehong masasamang gawa na kanilang ginawa noon at hindi kailanman tunay na magsisisi. Gumagamit sila ng gayong mga pagpapanggap para ilihis ang mga tao.) Ito ay isa pang pagpapamalas. Isang partikular na uri ng anticristo ang gumagawa mismo nang ganoon. Iniisip nila sa kanilang sarili, “Kung may buhay, may pag-asa. Magpapasensiya ako sa ngayon at hindi ko hahayaang makilatis mo ako. Kung tahasan kitang kokontrahin at hindi ko tatanggapin ang mapungusan, sasabihin mo na ako ay isang tao na hindi nagsasagawa o nagmamahal sa katotohanan, at kung kumalat iyang sinabi mo, maaapektuhan nito ang aking reputasyon. Kung malalaman ito ng ating mga kapatid, siguradong tatanggihan nila ang pamumuno ng isang tao na tiyak na walang pagmamahal para sa katotohanan. Kailangan muna akong magtatag ng magandang imahe. Kapag nahaharap ako sa pagpupungos, at may isang tao na naglalantad ng anumang kamalian o pagsalangsang na nagawa ko, ngingisi ako at titiisin ko ito sa pamamagitan ng pagkukunwaring tatanggapin ko ito at tatango ako bilang pag-amin, nang hindi hinahayaang makilatis ako ng sinuman o malaman ng sinuman kung ano talaga ang iniisip ko. Pagkatapos ay magpapakitang-tao lang ako, luluha nang kaunti, at magsasabi ng ilang bagay tungkol sa pagkakautang ko sa diyos, at tatapusin ko na ang usapin. Sa ganoong paraan, iisipin ng mga kapatid na ako ay isang tao na tumatanggap sa katotohanan, at may-karapatang makakapagpatuloy ako na maging lider—at pagkatapos ay mapapanatili ang aking reputasyon at katayuan, hindi ba?” Ang lahat ng kanilang ginagawa ay pagpapakitang-tao. Masasabi ba ninyo na ang mga taong tulad nito ay madaling makilatis? (Hindi sila madaling makilatis.) Kinakailangan ang isang panahon ng pagmamasid at pakikipag-ugnayan sa kanila para makita kung pinoprotektahan ba nila ang mga interes ng sambahayan ng Diyos sa tuwing nahaharap sila sa mga problema, at kung talaga bang nagsasagawa sila ayon sa mga katotohanang prinsipyo o hindi. Gaano man kaganda o kawasto ang kanilang pananalita sa panlabas, pansamantala lamang iyon; sa malao’t madali, lalabas ang paraan kung paano talaga sila mag-isip. Kahit na hindi sila ibunyag ng Diyos, kaya ba ng mga anticristo na itago nang mahigpit ang kanilang mga tunay na kaisipan at ang kalikasang diwa nila? Kaya ba nilang pagtakpan ang mga ito sa buong buhay nila? Imposible iyon; sa malao’t madali, mabubunyag ang mga bagay na ito. Kaya, gaano man kabuktot o katuso ang mga anticristo, hangga’t nagkikimkim sila ng mga intensyon at motibo at kumontra sa katotohanan sa kanilang mga kilos, makikilala at makikilatis sila sa huli ng mga taong nakakaunawa sa katotohanan. Ang mga anticristong gaya nito ang pinakatuso sa lahat; sa panlabas, tila tinatanggap nila ang katotohanan at mga positibong bagay, pero ang totoo, sa kaibuturan ng kanilang puso at sa kanilang diwa, hindi nila minamahal ang katotohanan, at tutol pa nga sila sa mga positibong bagay at sa katotohanan. Dahil mahusay silang magsalita, karamihan ay hindi nakakakilatis sa kanila, at tanging ang mga tao na nakakaunawa sa katotohanan ang nakakakilatis at nakakakilala sa ganitong uri ng tao. Mayroon pa bang ibang halimbawa? (May isang

anticristo na nakakita na ang kanyang mga katrabaho ay may mas mahusay na kakayahan kaysa sa kanya at mas mahusay sila sa gawain kaysa sa kanya. Upang mapanatili ang kanyang katayuan, palihim niyang binaluktot ang mga katunayan at nanghusga siya sa kanyang mga katrabaho at katuwang, inililihis ang mga tao, inaakit at hinihikayat ang mga ito na makinig sa kanya. Humantong ito sa kawalan ng tiwala sa isa't isa sa kanyang mga katrabaho. Hindi na sila nagtutulungan nang magkakasundo, at wala nang resultang natatamo sa anumang aspekto ng gawain. Nang malantad ang masasamang gawa ng anticristo, bukod sa hindi niya ito tinanggap, nagdahilan pa siya at nagtangkang umiwas sa responsabilidad. Malinaw na gagawin niya ang lahat alang-alang sa kanyang reputasyon at katayuan; kahit gaano karaming kapatid ang napinsala niya, at kahit gaano kalubha niyang nagulo at nagambala ang gawain ng sambahayan ng Diyos, sadyang wala siyang pakialam, at lalong hindi siya nalungkot o nakonsensiya. Wala siyang ni isang hibla ng pagkatao o katwiran.) Sa madaling salita, walang pag-aalinlangan ang mga anticristo tungkol sa pagsasakripisyo nila sa mga interes ng sinuman para lang maprotektahan ang kanilang sariling reputasyon at katayuan. Kahit na kailangan pa nilang tapakan ang lahat ng tao para mapanatili ang kanilang sariling katayuan, hindi sila mag-aatubiling gawin ito. Pagdating sa pagpoprotekta ng kanilang reputasyon at katayuan, wala silang pakialam kung mabubuhay o mamamatay ang iba, sadyang wala sa kanilang isipan ang mga gawain ng sambahayan ng Diyos at ang mga interes ng iglesia, at talagang hindi saklaw ng kanilang pagsasaalang-alang ang mga ito. Mula sa mga kilos na ito, makikita natin na ang mga anticristo ay hindi mga tao ng sambahayan ng Diyos; sila ay mga walang pananampalataya na nakapasok dito. Ang sambahayan ng Diyos ay hindi ang kanilang tahanan, kaya't wala sa mga interes nito ang may anumang kinalaman sa kanila. Gusto lang nilang matamo ang kanilang layon na humawak ng kapangyarihan at kontrolin ang mga tao, at matugunan ang kanilang mga pansariling ambisyon at pagnanais sa sambahayan ng Diyos. Dahil ito ang uri ng kalikasang diwa na mayroon ang mga anticristo, tiyak na hindi nila tatanggapin ang mapungusan, ni tatanggapin ang anumang aspekto ng katotohanan.

Mula sa mga halimbawang ibinigay natin, makikita mo na likas sa mga anticristo ang kanilang ambisyon at pagnanais na maghangad ng reputasyon at katayuan. Ipinanganak nang ganito ang mga anticristo, na may ganitong uri ng kalikasang diwa. Tiyak na hindi nila ito natututunan pagkatapos nilang ipanganak, at hindi rin ito isang kinahinatnan nang dahil sa kanilang kapaligiran. Katulad ito ng mga taong may sakit na hindi naman nagkakasakit pagkatapos nilang ipanganak, kundi minamana nila ito. Ang ganitong mga uri ng mga sakit ay imposibleng magamot. Ipinanganak ang mga anticristo nang may ambisyon na maghangad ng reputasyon at katayuan, at hindi sila naiiba sa mga reinkarnasyon ng mga haring diyablo. Ang mga anticristo ay tumututol at namumuhi sa katotohanan, at hindi nila tinatanggap ang paghatol at pagkastigo ng Diyos kahit kailan. Kaya, anumang klase ng pagpungos ang kinakaharap nila, hindi nila ito tatanggapin. Kung pupungusan sila ng isang ordinaryong kapatid, lalong ayaw nila itong

tanggapin. Naniniwala sila na: “Hindi ka kalipikadong pungusan ako, hindi ka karapat-dapat! Ilang araw ka pa lang bang naging isang mananampalataya? Noong maging mananampalataya ako, ni hindi ka pa nga naipanganak! Noong maging lider ako, ni hindi ka pa nga nagsimulang manampalataya sa diyos!” Iyon ang saloobing kinikimkim nila ukol sa mga kapatid na pumupungos sa kanila. Nakatuon sila sa mga kalipikasyon at kataasan ng ranggo, at tinatanggihan nila ang pagpupungos batay sa mga bagay na ito. Kung gayon, kaya ba nilang tanggapin kung pupungusan sila ng ang Itaas? Batay sa kanilang kalikasang diwa, hindi rin nila iyon tatanggapin. Bagama’t wala silang sinasabi sa panlabas, tiyak na lalabanan at tatanggihan ito ng puso nila. Walang duda ito. Kapag tunay silang naharap sa pagpupungos ng ang Itaas, ang pinakakaraniwang pagpapamalas ng mga anticristo ay ang desperadong makipagtalo at pangatwiranang ang kanilang sarili para umiwas sa responsabilidad, magsisinungaling pa nga sa ang Itaas at magtatago ng mga bagay-bagay sa mga mababa sa kanila para makaligtas sila nang walang parusa. Madalas ginagamit ng mga anticristo ang pamamaraan ng pagsisinungaling sa ang Itaas at pagtatago ng mga bagay-bagay sa mga mababa sa kanila para maiwasan ang pagpupungos ng ang Itaas. Halimbawa, kung maraming problema sa isang iglesia, hindi nila ito kailanman iniuulat. Kung nais ng kanilang mga kapatid na iulat ang mga problemang iyon, hindi pinahihintulutan ng mga anticristo ang mga ito, at ang sinumang gumagawa niyon ay susupilin at ibubukod nila. Dahil dito, karamihan sa mga tao ay napipilitang umiwas dito, hinahayaang hindi nalulutas ang mga problema, at kumikilos bilang mga mapagpalugod ng mga tao. Pinagtatakpan ng mga anticristo ang lahat ng problema ng iglesia, ganap na inililihim ang mga ito, at hindi nila pinapayagang makialam o mag-usisa ang ang Itaas. Pinipigilan din ng mga anticristo ang mga pagsasaayos ng gawain ng ang Itaas sa abot ng kanilang makakaya, at hindi nila ipinapasa o ipinapatupad ang mga ito. Kung hindi nakakaapekto sa kanilang personal na reputasyon o katayuan ang mga pagsasaayos ng gawain ng ang Itaas, maaaring magpapahayag lang sila ng mga bagay na pakitang-tao, at iraraos lang nila ang gawain, ngunit tiyak na hindi nila talaga ipapatupad ang mga ito. Kung ang mga pagsasaayos ng gawain ng ang Itaas ay magdudulot ng banta, o magkakaroon ng partikular na epekto sa kanilang reputasyon at katayuan, kung gayon, kailangang mag-isip-isip ng mga anticristo. Kailangan nilang isaalang-alang kung paano kumilos, kanino dapat kumilos, at kailan dapat kumilos. Kailangang balansehin nila ang mga bagay-bagay na ito, paulit-ulit na kakalkulahin ang mga ito sa isipan nila. Kung lumilitaw ang ilang problema sa gawain ng iglesia, alam ng mga anticristo na tiyak silang mapupungusan, o matatanggal pa nga kapag nalaman ng ang Itaas ang tungkol sa mga isyu, kaya, itinatago nila ang mga problema, at hindi iniuulat ang mga ito sa ang Itaas. Wala silang anumang pakialam kung ano ang epekto o pinsalang maidudulot ng mga problemang iyon sa gawain ng sambahayan ng Diyos kung hindi malulutas ang mga ito; wala silang malasakit sa kahit anong kawalan na mararanasan ng gawain ng sambahayan ng Diyos. Hindi nila iniisip kung anong paraan ng pagkilos ang makakabuti sa gawain ng sambahayan ng Diyos o

makakapagpalugod sa Diyos; isinasaalang-alang lamang nila ang kanilang sariling reputasyon at katayuan, kung paano sila titingnan at tatratin ng ang Itaas, at kung paano nila pangangalagaan ang kanilang reputasyon at katayuan upang hindi maapektuhan ang mga ito. Sa ganitong paraan tinitingnan ng mga anticristo ang mga bagay-bagay at pinag-iisipan ang mga problema, at ganap itong kumakatawan sa kanilang disposisyon. Kaya, tiyak na hindi makatotohanang iuulat ng mga anticristo ang mga problema na umiiral sa loob ng iglesia, o na lumilitaw sa kanilang gawain. Anuman ang gawain nila, anumang paghihirap ang kinakaharap nila, o kung nahaharap sila sa mga sitwasyon na hindi nila alam kung paano pangasiwaan, o kung saan hindi nila alam kung ano ang gagawing pagpapasya, habang isinasakatuparan ang gawain na iyon, pagtatakpan at itatago nila ito, natatakot sila na sasabihin ng ang Itaas na masyadong mahina ang kanilang kakayahan, o na malalaman ng ang Itaas ang kanilang tunay na sitwasyon, o pupungusan sila ng ang Itaas dahil hindi nila maagap na pinangasiwaan at nilutas ang mga paghihirap o sitwasyong iyon. Binabalewala ng mga anticristo ang mga interes ng sambahayan ng Diyos at ang gawain ng iglesia upang maiwasan ang pagpupungos ng ang Itaas. Hindi sila nag-aatubiling isakripisyo ang gawain at mga interes ng iglesia para lang mapanatili ang kanilang katayuan at kabuhayan, at para matiyak na mayroong magandang impresyon tungkol sa kanila ang ang Itaas. Wala silang pakialam kung naaantala o naapektuhan ba nila ang pag-usad ng gawain ng iglesia, at mas lalong wala silang pakialam tungkol sa buhay pagpasok ng mga hinirang ng Diyos. Anuman ang mga suliraning kinakaharap ng mga kapatid, o anuman ang mga problemang umiiral pagdating sa kanilang buhay pagpasok, hindi kayang lutasin ng mga anticristo ang mga ito, at hindi sila kokonsulta sa ang Itaas. Malinaw nilang alam na ang pagtatago ng mga problema at hindi paglutas sa mga ito ay makakaantala at makakaapekto sa pag-usad ng gawain ng iglesia, at magsasanhi ng mga kawalan sa buhay ng mga kapatid, subalit hindi nila pinapansin ang mga bagay na ito, at wala silang pakialam sa mga ito. Anumang malalaking problema ang lumilitaw sa iglesia, hindi nila kailanman iniuulat ang mga ito, sa halip ay ginagawa nila ang lahat ng kanilang makakaya para itago at pagtakpan ang mga ito. Kung natutuklasan ng mga kapatid ang kanilang masasamang gawa at nagsusulat ang mga ito ng mga liham na nag-uulat ng kanilang masasamang gawa, lalo pang nagsisikap ang mga anticristo na pigilan at pagtakpan ang mga liham na iyon. Ano ang kanilang layon sa pagpipigil at pagtatakip sa mga liham na iyon? Ito ay para mapanatili ang kanilang katayuan, maprotektahan ang kanilang reputasyon at katanyagan, at mapanatili ang lahat ng kanilang kasalukuyang pag-aari. Para sa kanila, ang tanggalin, o ang pagsusuri ng ang Itaas sa kanila bilang hindi karapat-dapat sa kanilang gawain, ay parang pagkawala ng kanilang buhay at mahatulan ng kamatayan—ito ay parang pagdating nila sa dulo ng daan sa kanilang pananampalataya sa Diyos. Kaya, ano't anuman, hindi sila kailanman kumokonsulta sa ang Itaas. Sa halip, nag-iisip sila ng mga paraan kung paano itago ang lahat ng mga problema na umiiral sa kanilang gawain at pigilan ang ang Itaas na matuklasan ang mga ito. Hindi ba't sobrang kasuklam-suklam ang pagsasagawa

nilang ito? Naniniwala sila na ang isang mabuting lider sa mga mata ng Diyos at ng ang Itaas ay dapat na isang tao na hindi kailanman nagkakaroon ng anumang problema o paghihirap, na kayang pangasiwaan nang maayos ang lahat ng bagay, at angkop para sa lahat ng uri ng gawain. Iniisip nila na ang isang mabuting lider ay hindi kailanman nagrereklamo tungkol sa mga paghihirap, o naghahanap ng tulong para sa mga problema, at na ang isang mabuting lider ay tiyak na isang tao na perpekto at walang kapintasan sa isipan ng Diyos at ng ang Itaas, na kayang tapusin nang maayos ang gawain nang hindi siya kailangang pungusan ng ang Itaas. Dahil dito, masidhi nilang pinangangalagaan ang kanilang katayuan, umaasang makapagbibigay ng magandang impresyon sa ang Itaas, at maling papaniwala ang ang Itaas na angkop sila para sa kanilang gawain, na kaya nilang pasanin ang kanilang gawain, at na walang mangyayaring malalaking problema, at kaya, iniisip na hindi sila kinakailangang direktang tanungin tungkol sa kanilang gawain o bigyan ng patnubay, at lalong hindi sila kinakailangang pungusan. Gusto ng mga anticristo na lumikha ng ganitong uri ng imahe para sa kanilang sarili, upang maling papaniwala ang iba na naniniwala sa kanila ang Diyos at ipinagkakatiwala sa kanila ng Diyos ang lahat ng bagay, na iniaatas Niya sa kanila ang mahahalagang gampanin at may malaking tiwala ang Diyos sa kanila, hanggang sa punto na nag-aatubili Siyang pungusan sila, dahil sa takot na ang kanilang pagiging negatibo at pagpapakatamad ay makakaapekto sa gawain. Pinapaniwala ng mga anticristo ang mga kapatid na sila ay mga tanyag na tao sa sambahayan ng Diyos at sa iglesia, at mahahalagang personalidad sa sambahayan ng Diyos. Bakit ba gusto nilang itanim sa isip ng mga kapatid ang ganitong uri ng ilusyon at pagpapanggap? Ito ay upang pahalagahan at sambahin sila ng mga tao, upang matamasa nila ang mga pakinabang ng kanilang katayuan sa iglesia, pati na ang mataas na katayuan at magandang pagtrato, hanggang sa punto na maaaring mapalitan nila ang puwesto ng Diyos. Madalas nilang sinasabi sa mga kapatid na, “Hindi magagawa ng diyos na makipag-usap sa inyo nang personal, hindi niya magagawang bumaba sa inyong antas at personal na isakatuparan ang gawain, at hindi posibleng makapamuhay siya nang kasama ninyo, at gabayan niya kayo sa lahat ng magkakaibang bagay na kinakaharap ninyo sa inyong pang-araw-araw na buhay. Kaya, sino ang magsasagawa ng mga partikular na gampaning ito? Hindi ba’t ang mga lider at manggagawa na gaya natin?” Habang ginagawa nila ang kanilang makakaya para mapangalagaan ang kanilang katayuan, madalas nilang sinasabi ang ganitong mga bagay at ipinapahayag ang ganitong mga ideya, nang sa gayon ay ganap at walang alinlangang maniniwala at magtitiwala sa kanila ang mga kapatid. Ano ang kalikasan ng kanilang pagsasagawang ito? Hindi ba’t ito ay pagsisinungaling sa ang Itaas at pagtatago ng mga bagay-bagay mula sa mga taong nasa ibaba nila? (Oo.) Ito ang wais na parte ng kanilang pamamaraan. Karamihan sa mga tao ay may mahinang kakayahan, hindi nila nauunawaan ang katotohanan, hindi nakikilatis ang mga anticristo, at maaari lamang silang ilihis at gamitin ng mga anticristo. Kung direktang magtatangka ang mga anticristo na ilihis ang mga tao sa pamamagitan ng pagsasabing: “Talagang

may pananalig sa akin ang ang itaas, nakikinig sila sa akin sa lahat ng bagay,” baka maging medyo mapagbantay ang mga tao at magkaroon ng kaunting pagkilatis sa kanila, ngunit hindi nagsasalita ang mga anticristo sa direktang paraan na tulad nito. Gumagamit sila ng partikular na paraan ng pagsasalita para ilihis ang mga tao, at maling papaniwala ang mga ito na tiyak na may pananalig at tiwala sa kanila ang ang Itaas para ipagkatiwala sa kanila ang gawain ng pamumuno. Ang mga hangal na walang pagkilatis at hindi naghahangad sa katotohanan ay napapaniwala rito at napapasunod sa kanila. At, kapag may nangyayari, hindi nagdarasal sa Diyos o naghahanap sa katotohanan sa mga salita ng Diyos ang mga hangal na iyon, sa halip, lumalapit sila sa mga anticristo, humihiling sa mga anticristo na ipakita sa kanila ang daan at pumili ng landas para sa kanila. Ito ang layon na gustong matamo ng mga anticristo sa kanilang mga kilos. Kung walang iilang tao sa iglesia na nakakaunawa sa katotohanan na kumikilatis at naglalantad sa mga anticristo, ang karamihan sa mga tao ay bulag na maniniwala sa kanila, sasamba at susunod sa kanila, at mamumuhay sa ilalim ng kanilang kontrol. Napakamapanganib nito! Kung ang isang tao ay maililihis at makokontrol ng isang anticristo sa loob ng tatlo o limang taon, dadanas ng malaking kawalan ang buhay niya. Kung siya ay maililihis at makokontrol ng isang anticristo sa loob ng walo o 10 taon, tuluyan na siyang mawawasak; kahit na gusto pa niyang tubusin ang kanyang sarili, hindi na siya magkakaroon pa ng pagkakataon.

Madalas na inililihis ng mga anticristo ang mga tao, kinukuha ang loob at kinokontrol ang mga tao gamit ang mga pahayag na sila ay mga tanyag na tao sa sambahayan ng Diyos, na sila ay inilagay ng Diyos sa mga importanteng posisyon, at na sila ay pinahahalagahan at pinagkakatiwalaan ng Diyos, sa pagsisikap na matamo ang kanilang layon na palaging magtamasa ng katayuan at habambuhay na silang mayroon ng huling salita. Ano ang pinakakinatatakutan ng mga anticristo? Pinakakinatatakutan nila ang mawalan ng kanilang katayuan at magkaroon ng pangit na reputasyon. Natatakot sila na iisipin ng mga kapatid na hindi nila hinahangad ang katotohanan, na napakahina ng kanilang kakayahan, at na wala silang espirituwal na pang-unawa, o hindi sila gumagawa ng aktuwal na gawain, at na hindi nila kayang gumawa ng anumang aktuwal na gawain. Ito ang mga bagay na pinakakinatatakutang marinig ng mga anticristo. Kapag naririnig ng mga anticristo ang gayong mga pahayag at deklarasyon, natataranta sila at naiinis pa nga, kung minsan ay umaabot pa sila sa pag-aalboroto, nagsasabing, “Mahina ang kakayahan ko, kaya sige, gamitin mo kung sino ang puwede mong gamitin; tutal, hindi ko naman kaya ang gawaing ito! Hindi ba’t matuwid ang diyos? Nananampalataya ako sa kanya sa loob ng maraming taon, isinuko ko ang aking pamilya at propesyon para sa kanya, at nagsumikap ako nang labis para sa inyong lahat, mga kapatid ko. Bakit wala man lang kayong makatarungang masabi tungkol sa akin?” Hindi na sila makapaglaan ng atensiyon sa kanilang reputasyon at katayuan, ni hindi na rin nila sinusubukang pagtakpan ang kanilang sarili o magkunwari pa; buong-buong nakaladlad ang kanilang kapangitan. Pagkatapos ilabas ang kanilang galit, pinupunasan nila ang

kanilang mga luha at iniisip na, “Naku; pinahiya ko lang ang sarili ko. Kailangan kong bumawi!” Pagkatapos ay nagpapatuloy sila sa pagkukunwari, nagpapatuloy sila sa pag-aaral ng magagandang islogan at doktrina, at sa pakikinig, pagbabasa, pangangaral, at panlilihing sa mga tao. Pakiramdam nila na kailangan nilang isalba ang kanilang reputasyon at katayuan, at umaasa sila na isang araw, kapag oras na ng halalan, iisipin pa rin sila ng mga kapatid, na maaalala ng mga ito ang mabubuting bagay na nagawa nila, ang mga halagang ibinayad nila, at ang mga bagay na nasabi nila. Lubos itong kawalan ng kahihyan, hindi ba? Ang lumang kalikasan nilang iyon ay hindi pa rin nagbabago, hindi ba? Bakit hindi nagbabago ang mga anticristo kahit kailan? Ito ay natutukoy ng kanilang kalikasang diwa, hindi nila kayang magbago; ganito lang talaga sila. Kapag ang kanilang ambisyon at mga pagnanais ay tuluyang naglaho, nagwawala sila, at pagkatapos ay mas gumaganda ang kanilang asal. Nagtanong Ako kamakailan tungkol sa kung kumusta na ang isang tao, at sinabi ng ilang kapatid na naging napakaganda ng asal niya. Ano ang ibig sabihin ng “maganda ang asal”? Ibig sabihin, mas higit na siyang nagpakabait ngayon, at mas maayos na ang kanyang kilos kaysa dati; hindi na siya nagsasanhi ng gulo, umaatake sa mga tao, o nakikipag-agawan para sa katayuan, at natututo na siyang makipag-usap sa mga tao nang mas malumanay, mapagpakumbaba, at tahimik. Pagkatapos ay gumagamit siya ng mga tamang salita para tulungan ang iba, at sa kanyang pang-araw-araw na buhay, nagpapakita siya ng espesyal na pagmamalasakit at pag-aalaga sa ibang tao. Para bang naging isang ganap na bagong tao na siya. Ngunit totoo bang nagbago na talaga siya? Hindi. Kung gayon, ano ang mga pagsasagawang iyon? (Mga panlabas na mabuting pag-uugali.)

Pagkatapos maibunyag ang ilang anticristo at mailantad ang lahat ng kanilang masasamang gawa, kapag nakikita nila ang mga kapatid, sinasabi nila na, “Pakiramdam ko ay naliwanagan at natanglawan ako ng diyos kamakailan, at nasa tunay na mabuting kalagayan ako. Lubos kong kinamumuhian ang mga dati kong kilos, at hinding-hindi ko malilimutan o mabibitiwan ang mga kawalang idinulot ko sa aking mga kapatid. Masyado akong nalulungkot.” Habang sinasabi nila ito, napapahagulgol sila at kusa pa nga nilang hinihiling sa mga kapatid na pungusan sila, sinasabing, “Huwag kayong mag-alala sa pagiging mahina ko. Kung makikita ninyo na may mali akong ginagawa, pungusan ninyo ako, kaya ko itong tanggapin—kaya ko itong tanggapin mula sa diyos; hindi ako magkikimkim ng sama ng loob sa inyo.” Mula sa matigas na pagtanggì, paglaban, at pagsuway na mapungusan ng mga kapatid, pagbibigay-katwiran at pagtatanggol sa kanilang sarili, at pagiging puno ng sama ng loob, naging aktibo sila sa paghahangad na mapungusan. Ito ay medyo mabilis na pagbabago ng saloobin, hindi ba? Ibig bang sabihin nito ay nagsisisi sila? Batay sa saloobing ito, mukhang nagbago na sila, kaya dapat mo silang pungusan. Kung gagawin ito, mapagtatanto nila ang mga pagkakamaling nagawa nila sa nakaraan, at matutulungan silang makilala ang kanilang sarili. Sa sandaling iyon, dapat mo silang tulungan sa pamamagitan ng pagpapakita ng kaunting sinseridad, at sabihing, “Nakikita ko na medyo maayos na ang ikinikilos mo kamakailan. Kakausapin

kita nang mula sa puso ko. Kung may masabi akong mali, at hindi mo ito matanggap, huwag mo na lang pansinin; kung naniniwala ka na tama ang sinasabi ko, tanggapin mo ito mula sa Diyos. Ang layunin ko ay ang tulongan ka, hindi para saktan ka habang nahihirapan ka o para atakihin ka. Buksan natin ang ating puso sa isa't isa at magbahaginan tayo. Noong naglingkod ka bilang isang lider, mapagmataas kang palakad-lakad sa paligid, at tumatangging aminin ang iyong mga pagkakamali; kahit na sa panlabas ay inamin mo ang ilan, hindi mo naman talaga tinanggap na may kasalanan ka sa loob-loob mo—at pagkatapos, nang maharap ka sa parehong isyu, kumilos ka pa rin gaya ng dati. Pag-usapan natin ang huling insidenteng iyon, halimbawa. Dahil naging iresponsable ka, may nangyaring mali, at nagkaroon ng malaking kawalan sa mga ari-arian ng sambahayan ng Diyos. Dahil sa iyong pagiging iresponsable, naaresto at nakulong ang maraming kapatid, at nagbayad sila ng halaga para dito. Hindi mo ba naisip na dapat mong akuin ang responsabilidad para doon? Ikaw ang tao na direktang responsable sa insidenteng iyon, kaya dapat kang humarap sa Diyos, magkumpisal ng iyong mga kasalanan, at magsisi. Sa katunayan, kung aaminin mo ang iyong pagkakamali, sa pinakamalala ay ituturing lang ito ng Diyos bilang isang pagsalangsang, at hindi ito makakaapekto sa paghahangad mo sa katotohanan sa hinaharap. Magagawa ka ring tratuhin nang maayos ng mga kapatid at ituturing ka nila bilang miyembro ng sambahayan ng Diyos; hindi ka nila itatakwil o aatakihin. Totoo na ang lahat tungkol sa isang tao ay nasa mga kamay ng Diyos, ngunit kung hindi mo kailanman hahangarin ang katotohanan, tiyak na kamumuhian at aabandonahin ka ng Diyos, at sa puntong iyon, magiging target ka ng pagkawasak. Kung tatanggapin mo at magpapasakop ka sa gawain ng Diyos at tunay kang magsisisi, hindi na maaalala ng Diyos ang iyong mga nakaraang pagsalangsang at magiging isa ka pa ring tao na naghahangad sa katotohanan sa harap ng Diyos. Hindi tayo humihingi ng pagpapaumanhin o kapatawaran Niya, ngunit kahit papaano man lang, kailangan nating gawin ang dapat gawin ng mga tao; ito ang responsabilidad at tungkulin ng bawat nilikha, at ito ang landas na dapat nating tahakin.” Ang mga ito ay mga totoong salita, hindi ba? Mayroon bang anumang pangungutya o panlalansi sa mga ito? Mayroon bang anumang panunuya o panlilibak sa mga ito? (Wala.) Ito ay mga taos-pusong salita lamang, binibigkas nang kalmado at naaayon sa prinsipyo ng pagtulong at pagpapabuti sa mga tao. Ang mga salitang ito ay tama; sa loob ng mga ito, mayroong isang landas ng pagsasagawa, pati na rin ng isang katotohanang dapat hanapin. Subalit, kaya bang tanggapin ng mga anticristo ang mga salitang ito? Kaya ba nilang maarok at isagawa ang mga ito bilang katotohanan? (Hindi nila kaya.) Paano sila tutugon sa mga salitang ito? “Hanggang ngayon, patuloy ninyong binabantayan ang mga pagkakamali ko, ayaw talaga ninyong palampasin ang mga iyon, ano? Kahit ang diyos ay hindi inaalaala ang mga dating pagsalangsang ng mga tao, kaya bakit palagi ninyong tinitingnan ang sa akin? Sinasabi ninyo na gusto ninyong makipag-usap sa akin nang puso-sa-puso at na tinutulongan ninyo ako. Anong klaseng tulong ito? Malinaw na isa itong pagtatangkang halukayin ang nakaraan at papanagutin ako. Sinusubukan lamang

ninyo na ipaako sa akin ang responsabilidad, hindi ba? Ako lang ba ang may pananagutan para sa insidenteng iyon? Ang lahat ng bagay ay nasa mga kamay ng diyos, ibig sabihin, siya ang may pananagutan. Nang mangyari ang insidenteng iyon, bakit hindi tayo binigyan ng diyos ng anumang pahiwatig tungkol dito? Hindi ba't ito ay inihanda ng diyos? Kung gayon, paanong sinisisi ninyo ako?" Sinasabi nila kung ano ang nasa isipan nila, hindi ba? Nasaan ba ang kanilang problema? Sa panlabas, tila sila ay nagbago na at naging mas mapagpakumbaba; mukhang mas maayos na ang kanilang pag-uugali kaysa dati, na para bang hindi na nila hinahangad ang katayuan at reputasyon at tila kaya na nilang umupo nang mahinahon, kausapin ang isang tao, at makipag-usap nang puso-sa-puso. Kung gayon, paanong nagagawa pa rin nilang magsalita nang gaya nito? Anong problema ang makikita rito? (Ang paraan ng kanilang pagkilos ay isa lamang ilusyon na kanilang ipinapakita para makabawi sila.) Ano pa? (Hindi nila talagang kilala ang kanilang sarili, at ang mga iyon ay hindi mga pagpapakita ng tunay na pagsisisi. Ang mga iyon ay isang uri lamang ng mapagpaimbabaw na pagsasagawa. Kapag nagbabahagi sa kanila ang ibang tao tungkol sa kanilang mga problema, wala pa rin silang kapabilidad na tanggapin ang katotohanan. Malinaw na ang kanilang kalikasang diwa ay mapanlaban sa katotohanan.) Dalawang punto ang napakalinaw rito. Una sa lahat, kapag nawalan ang isang anticristo ng katayuan, ang isa sa kanilang kalagayan ay, "Kung may buhay, may pag-asa"—palagi silang handang bumangong muli. Ang ikalawang punto ay tungkol sa maling landas na tinahak nila noon at sa mga pagsalangsang na nagawa nila, tiyak na hindi kailanman tunay na nagninilay-nilay sa kanilang sarili ang mga anticristo. Hindi nila aaminin ang kanilang mga pagkakamali o tatanggapin ang katotohanan, at lalong hindi nila mauunawaan ang kanilang diwa mula sa mga katunayan ng kanilang masamang gawa, o maibubuod kung paano magsagawa ayon sa katotohanan. Kapag tinanggal sila at nawalan sila ng katayuan, hindi nila iniisip na, "Ano ba mismo ang nagawa kong mali? Paano ako dapat magsisi? Kung mangyayari ulit ang ganitong bagay, paano ako dapat kumilos para maging kaayon ako sa layunin ng Diyos?" Wala silang ganitong saloobin na baguhin ang kanilang sarili. Kahit na pungusan sila, at kahit na matanggal sila, hindi pa rin sila magbabago at maghahangad sa katotohanan, maghahanap ng landas ng pagsasagawa, o magbabago ng direksyon sa kanilang paghahangad. Gaano man kalaki ang mga kawalang idinudulot nila sa sambahayan ng Diyos at gaano man katindi ang kanilang pagbagsak, hinding-hindi nila ipagtatapat ang kanilang mga kasalanan. Ang mga kabiguan nila ay hindi magtutulak sa kanila na hangarin at hanapin ang katotohanan sa sumusunod na panahon; sa halip, magkakalkula sila sa kung ano ang maaari nilang gawin para maisalba ang lahat at mabawi ang katayuang nawala sa kanila. Ito ang dalawang punto. Ang una ay isang uri ng kalagayang mayroon sila pagkatapos mawalan ng katayuan, kung saan palagi silang handang bumangon muli. Ang pangalawang punto ay ang kanilang pagtangging aminin o unawain ang maling landas na tinahak nila. Sa loob ng pangalawang punto na ito, ang hindi pag-unawa sa maling landas na tinahak nila ay isang parte lang nito; dagdag pa rito, tiyak na

hindi sila tunay na magsisisi, o tatanggap sa katotohanan, at siguradong hindi rin sila babawi sa mga pinsalang ginawa nila sa sambahayan ng Diyos nang may pusong nagsisisi. Tiyak na hindi nila iisipin kung paano magbabago, kung paano sila magbabago mula sa pagiging mga tao na hindi naghahangad sa katotohanan tungo sa pagiging mga tao na naghahangad at nagsasagawa sa katotohanan. Malinaw na ipinapakita ng dalawang punto na ang mga anticristo ay tutol sa katotohanan at likas na buktot; talagang magaling sila sa pagbabalatkayo at pakikibagay sa kanilang kapaligiran, gaya ng mga hunyango. Mayroon silang pabago-bagong diwa, at sa kaibuturan ng kanilang puso, hinding-hindi humuhupa ang kanilang paghahangad sa katayuan at mga ambisyon at pagnanais, ni hindi ito magbabago kailanman. Walang sinuman ang makakapagpabago sa mga taong iyon. Kung titingnan ang mga pagpapamalas na ito, ano ang kalikasang diwa ng ganitong klase ng tao? Kapatid ba ang isang anticristo? Tunay na tao ba ang isang anticristo? (Hindi.) Kung mga kapatid ang tingin ninyo sa mga taong ito, hindi ba't ibig sabihin niyon ay lubha kayong hangal? Ang mga pagpapamalas na ito ay mga pagbubunyag ng diwa ng isang anticristo. Kapag ang mga anticristo ay walang katayuan, ganito ang kalagayan nila; ang mga kalkulasyon sa kanilang puso, ang kanilang ibinubunyag, at kung paano sila kumikilos sa panlabas, at ang uri ng saloobing mayroon sila sa kaibuturan ng kanilang puso tungkol sa katotohanan at sa kanilang mga pagsalangsang ay ganito, at hindi magbabago ang kanilang pananaw. Gaano ka man magbahagi tungkol sa katotohanan o magsalita tungkol sa mga tama at positibong landas ng pagsasagawa, talagang hindi nila kailanman tatanggapin ito sa kaloob-looban nila; sa halip, lalabanan nila ito. Maniniwala pa nga sila na, "Sabagay, wala na akong katayuan kaya wala nang silbi ang sinasabi ko. Wala nang sumusuporta sa akin; gusto lang ninyo akong kutyain at turuan ng leksiyon. Kalipikado ka bang turuan ako ng leksiyon? Sino ka ba sa inaakala mo? Noong naging lider ako, ni hindi ka pa nga marunong maglakad! Hindi ba't sa akin mo natutunan ang ilang bagay na sinasabi mo? At ngayon sinusubukan mo pa akong turuan ng leksiyon. Talagang hindi mo alam kung saan ka lulugar sa mundo!" Iniisip nila na kailangan ng mga tao ng isang partikular na kataasan ng ranggo para pungusan sila, kausapin sila, makipag-usap sa kanila, o magkaroon ng puso-sa-pusong usapan kasama sila. Anong uri ng bagay ang mga ito? Tanging mga anticristo ang kayang magsabi ng ganitong mga bagay; ang mga normal na tao, at mga tao na may kaunting kahihyan at kaunting katwiran, ay hindi kailanman magsasabi ng ganitong mga bagay. Kung may isang tao na nangangaral ng sermon sa inyo, mahinahong nakikipag-usap nang puso-sa-puso sa inyo, at tinutukoy ang mga problemang mayroon kayo at nagbibigay sa inyo ng ilang mungkahi, kaya ba ninyong tanggapin ito? O magkakaroon kayo ng parehong mentalidad na tulad ng sa isang anticristo? Halimbawa, sabihin nang isa kang mananampalataya sa loob ng 10 taon ngunit hindi ka kailanman naglingkod bilang isang lider. May ibang tao na dalawang taon pa lamang nananampalataya ngunit mayroon siyang mas mataas na katayuan kaysa sa iyo, at masama ang loob mo tungkol dito. Sabihin nang nanampalataya ka sa Diyos sa loob ng 20 taon bago ka naging

isang lider ng distrito sa wakas. May isang tao na naging lider ng rehiyon matapos manampalataya nang limang taon lamang at nagsisimula siyang pamunuan ka, at nahihirapan kang tanggapin ito. Kung pupungusan ka niya, hindi ka komportable, at kahit na tama siya na pungusan ka, ayaw mo pa ring tanggapin ito. Ni minsan ba ay nagtaglay ka ng ganitong uri ng saloobin o mga pagpapamalas? (Oo.) Ito ay disposisyon ng isang anticristo. Sa tingin mo ba na tanging mga anticristo ang may disposisyon ng isang anticristo? Ang sinumang may disposisyon ng isang anticristo ay nasa panganib, maaari siyang tumahak sa landas ng isang anticristo, at maaari siyang wasakin ng disposisyong ito. Ganoon ang mga bagay-bagay. Kapag nagbabahaginan tayo tungkol sa diwa ng isang anticristo at naghihimay-himay tungkol dito, kasali rin dito ang mga taong may disposisyon ng isang anticristo. Masasabi ba ninyo na ang mga taong kasali rito ay ang minorya o ang mayorya? O kasali ba rito ang lahat? (Kasali rito ang lahat.) Tama, dahil ang disposisyon ng isang anticristo ay ang disposisyon ni Satanas, at ang lahat ng tiwaling tao ay nagtataglay ng disposisyon ni Satanas. Ngayon, nagbahaginan na tayo nang kaunti tungkol sa paksang ito ng kung paano tinatrato ng mga anticristo ang mapungusan. Para sa higit pang detalye, maaaring magbigay ng ilang kongkretong halimbawa. Kayo na ang bahalang magbahaginan tungkol dito sa inyong mga pagtitipon. Habang nagbabahaginan kayo, huwag palaging pag-usapan ang tungkol sa kalagayan ng ibang tao. Siyempre, hindi maiiwasan ang pagbabahaginan tungkol sa mga pagpapamalas ng iba, ngunit dapat pangunahin ninyong ibahagi ang sarili ninyong mga pagpapamalas. Kung matutuklasan ninyo sa inyong sarili ang ilang pagpapamalas o mga pagbubunyag na nauugnay sa disposisyon ng isang anticristo, ito ay makatutulong at magiging kapaki-pakinabang sa inyong pagkakilala sa sarili, at matutulungan kayo nito na maalis ang disposisyong iyon sa inyo.

Nagbahaginan na tayo dati tungkol sa paksa ng iba't ibang pagpapamalas ng disposisyon ng isang anticristo—nagagawa na ba ninyo ngayon na ikumpara ang inyong sarili sa mga ito? Nagtamo na ba kayo ng kaunting pagkaunawa? Kaya na ba ninyong lutasin ang ilang tunay na problema? Anumang aspekto ng inyong mga tiwaling disposisyon ang babaguhin ninyo, lahat ito ay nakakamit sa pundasyon ng pag-unawa sa katotohanan, pagkumpara sa inyong sarili sa katotohanan, at pagkatapos ay pagkakaroon ng kaunawaan sa inyong sarili. Samakatwid, ang magawang kilatisin at himay-himayin ang iba't ibang pagpapamalas ng isang tiwaling disposisyon ay isang landas na kailangan ninyong tahakin pagdating sa pagkilala sa inyong sarili at pagtatamo ng pagbabago ng disposisyon. Nauunawaan na ba ninyo ang puntong ito? Ang ilan sa inyo ay maaaring hindi pa, at iniisip na, “Palagi Kang nagbabahagi tungkol sa mga walang-kabuluhang paksa at mga bagay-bagay na ito; hindi Ka kailanman nagsasalita tungkol sa ilang malalim na katotohanan o nagbubunyag ng anumang malalalim na misteryo. Masyado itong nakakabagot at nakakainip! Ano ang kinalaman ng mga bagay na ito na ibinabahagi Mo sa aming pagpasok sa kaharian ng langit, pagtamo ng malalaking pagpapala, at pagpeperpekto sa amin sa hinaharap?” Hindi kailanman nakakaunawa ang mga taong

ito; inaantok sila habang nakikinig sa mga bagay na ito. Ang mga taong walang espirituwal na pang-unawa ay hindi nakakaunawa rito; hindi nila nauunawaan ang iba't ibang kalagayan ng tao na tinutukoy ng bawat katotohanan, o ang mga kaugnayan sa pagitan ng iba't ibang katotohanan. Hindi nila nauunawaan ang mga bagay na ito. Habang mas detalyado ang paliwanag na ibinibigay mo sa kanila, lalo lang silang nalilito at mas kaunti ang natatanggap nila, kaya lagi silang inaantok. Kapag nagsimula ang isang pagtitipon, kumakanta at sumasayaw sila, at hindi sila inaantok kahit gaano pa man nakakabagot o paulit-ulit ang mga panuntunan at seremonya. Gayumpaman, sa oras na nagbahagi ka tungkol sa katotohanan at sa iba't ibang kalagayan ng mga tao, nagsisimula silang antukin. Ano ba ang nangyayari sa mga tao na laging inaantok nang ganoon? Hindi ba't nabunyag na sila? Ito ay isang pagpapamalas ng hindi pagmamahal sa katotohanan, hindi ba? Pagdating sa mga detalye ng iba't ibang katotohanan na may kinalaman sa buhay pagpasok, ang mga taong tunay na naghahangad sa katotohanan at nagtataglay ng partikular na kakayahan ay mas nakakaunawa sa mga ito habang lalo nilang napapakinggan ang mga ito, samantalang ang mga hindi nagmamahal sa katotohanan at walang espirituwal na pang-unawa ay lalo lang nalilito habang mas napapakinggan nila ang mga ito. Habang mas nakikinig sila, lalong nagiging nakakabagot ang mga ito para sa kanila, at gaano man sila makinig, ganoon pa rin ang nararamdaman nila; wala silang marinig na landas sa mga ito. Pakiramdam nila, hindi naman talaga ganoon kakomplikado ang mga bagay na may kinalaman sa buhay pagpasok, kaya hindi kailangang masyadong magbahagi tungkol sa mga ito. Ganito ang mga taong walang espirituwal na pang-unawa. Ang pagbabago ng disposisyon ay may kasamang napakaraming katotohanan. Kung, sa landas ng paghahangad na baguhin ang kanilang disposisyon, ay hindi gumugugol ng oras at pagsisikap ang mga tao sa bawat katotohanan, hindi nagtatamo ng pagkaunawa, pagkaarok, at kaalaman sa bawat katotohanan, at hindi nakakahanap ng landas ng pagsasagawa, kung gayon, tiyak na hindi sila makakapasok sa anumang katotohanan. Ano ang paraan para makilala ng mga tao ang Diyos? Ito ay sa pamamagitan ng pag-unawa at pagpasok sa lahat ng iba't ibang katotohanan; ito lamang ang paraan. Dagdag pa rito, ang bawat katotohanan ay hindi isang uri ng teorya o kaalaman o pilosopiya; ito ay may kinalaman sa buhay ng mga tao at sa estado ng kanilang pag-iral, sa mga kalagayan nila at mga bagay na iniisip nila bawat araw, at sa iba't ibang kaisipan, ideya, layunin, at saloobin na nabubuo nila sa ilalim ng pangingibabaw ng kanilang mga tiwaling diwa. Kaya, ito ang mga paksang pinag-uusapan natin. Kapag naintindihan mo na ang mga paksang ito, naiugnay ang mga ito sa iyong sarili, natuklasan ang mga prinsipyo ng pagsasagawa, at nakilala ang iba't ibang kalagayan at pananaw na nabubuo ng iba't ibang disposisyon mo, talagang mauunawaan mo na ang mga katotohanang nauugnay sa mga ito, at saka ka lamang makakapagsagawa nang tumpak ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Kung literal mo lang na nauunawaan ang mga salita, at kapag nakikita mo ang paglalantad ng Diyos sa pagiging makasarili at kasuklam-suklam ng mga anticristo, iniisip mo na, "Makasarili at

kasuklam-suklam ang mga anticristo, ngunit ako mismo ay medyo walang pag-iimbot; marami akong maibibigay na pagmamahal, ako ay mapagparaya, ipinanganak ako sa isang pamilya ng mga iskolar, nakatanggap ako ng mas mataas na edukasyon, at naimpluwensiyahan ako ng mga sikat na personalidad at mga obra-maestra, hindi ako makasariling tao”—ang pagsasabi ba ng mga bagay na ito ay pagtanggap sa katotohanan? Ito ba ay pagkilala sa iyong sarili? Halata talaga na hindi mo nauunawaan ang partikular na katotohanang ito, o ang iba’t ibang kalagayan na saklaw ng partikular na katotohanang ito. Kapag nauunawaan mo ang iba’t ibang kalagayan na binabanggit at inilalantad ng Diyos na saklaw ng isang partikular na katotohanan, at naikukumpara mo ang iyong sarili sa mga ito at natutuklasan ang mga tumpak na prinsipyo ng pagsasagawa, makakatahak ka na sa landas ng pagsasagawa sa katotohanan, at makakapasok ka na sa katotohanang realidad. Kung hindi mo pa ito nagawa, kung gayon, isang doktrina lang ang naunawaan mo; hindi mo naunawaan ang katotohanan. Katulad ito ng paksang pinag-usapan pa lang natin, tungkol sa kung paano tinatrato ng mga anticristo ang mapungusan. Ang iba’t ibang kalagayan, pagpapamalas, at pagbubunyag na pinagbahaginan natin ay may kinalaman lahat sa kalikasang diwa at disposisyon ng isang anticristo. Ilan sa mga ito ang nauunawaan mo? Ilan sa mga ito ang naikumpara mo sa iyong sarili? Ang mga pahayag, detalye, at kalagayang nakapaloob sa paksang ito na naarok mo ay may kaugnayan ba sa ibang tao o sa iyo? Ikaw ba mismo ay may koneksyon sa mga kalagayang ito? Tunay mo bang naiugnay ang mga ito sa iyong sarili, o atubili mo lang na kinilala at sinang-ayunan ang mga ito? Nakadepende ito sa iyong pagkaarok at sa iyong saloobin sa katotohanan. Ang pag-uugnay sa mga kalagayang ito sa sarili mo ay isang paunang kinakailangan lamang para maisagawa mo ang katotohanan; hindi ito nangangahulugan na sinimulan mo nang isagawa ito. Gayumpaman, kung hindi mo maiuugnay ang mga kalagayang ito sa iyong sarili, kung gayon ay ganap kang walang kinalaman sa pagsasagawa sa katotohanan. Dahil dito, kapag nakikinig ka sa mga sermon, ano ang maririnig mo? Magpapanggap ka lamang; magmumukhang tila nananampalataya ka sa Diyos, ngunit ang totoo ay hindi ka magsasagawa ayon sa Kanyang mga salita, at hindi ka makakapasok sa realidad ng Kanyang mga salita. Magiging isang karaniwang tao ka lang, isang gamit-panserbisyo, isang hambingan. Pagdating sa kung paano ninyo dapat ikumpara ang inyong sarili sa mga kalagayang ito at kung paano ninyo dapat himay-himayin ang iba’t ibang kalagayan na may kaugnayan sa mga bagay na sinabi Ko, nakasalalay ito sa sarili ninyong kaalaman. Ang magagawa Ko lang ay sabihin sa inyo ang mga salitang ito at tustusan kayo ng mga salitang ito, ngunit para sa iba, kailangang kayo mismo ang magsumikap. Matatanggap man ninyo ang mga salitang ito o hindi ay nakadepende sa inyong saloobin. Ang ilang tao ay mapagmatigas sa kanilang puso; palagi silang nagkukunwari at sinusubukan nilang protektahan ang kanilang katayuan at reputasyon. Malinaw na mayroon silang mga problema, pero hindi nila nakikita ang mga problemang ito at hindi inaamin ang mga ito, at sila pa ang nagkukusang ilantad at himay-himayin ang iba. Dahil dito, nakikinabang

dito ang iba pang mga tao, habang sila mismo ay walang nakakamit. Ang mga taong ito ay mga hangal, hindi ba? Ito ay hangal na pag-uugali. Ang punto ng pakikinig sa mga sermon ay hindi para matutunan kung paano kilatisin ang ibang tao, ni para makinig sa ngalan ng ibang tao; ito ay para ikaw mismo ang makarinig kung ano ang sinabi at makamit mo ito. Nakikinig ka sa mga salita ng Diyos, sa katotohanan, at sa mga sermon, at mula sa lahat ng ito ay nauunawaan mo ang katotohanan, nakakamit ang buhay, at nakakamtan ang isang pagbabago sa disposisyon. May kinalaman ba ito sa ibang tao? Ang mga salitang ito ay may kinalaman sa iyo. Kung panghahawakan mo ang ganitong uri ng saloobin, maaaring mabago ka ng mga salitang ito, maging realidad mo ang mga ito, at tulungan ka ng mga ito na makamtan ang pagbabago sa disposisyon.

Sa unang paksang ito, pinag-usapan natin ang iba't ibang pagpapamalas ng kung paano tinatrato ng mga anticristo ang mapungusan. Sa isang banda, ang pagbabahaginan tungkol sa paksang ito ay nakakatulong sa inyong lahat na maunawaan ang uri ng saloobin na mayroon ang mga anticristo, at ang mga pagbubunyag ng kanilang kalikasang diwa, pagdating sa bagay na ito; sa kabilang banda, nagbibigay ito sa inyo ng ilang positibong gabay at babala. Maaari ninyong pagbahaginan at lutasin ang mga natitirang problema nang kayo mismo; ang mga ito ay sarili ninyong mga usapin.

2. Kung Paano Tinatrato ng mga Anticristo ang Mas Malalakas Kaysa sa Kanila

Pagdating sa pagnanais ng mga anticristo na protektahan ang kanilang sariling reputasyon at katayuan, hindi lang sila nagpapakita at nagbubunyag ng kanilang kalikasang diwa kapag sila ay pinupungusan—nahaharap din ang mga anticristo sa marami pang ibang uri ng mga sitwasyon at usapin. Kaya, ang pangalawang paksa na pagbabahaginan natin ay kung paano pinapanatili ng mga anticristo ang kanilang katayuan at reputasyon sa loob ng mga grupo ng mga tao. Habang nasa isang grupo ng mga tao, anong mga pag-uugali ang ipinapakita ng mga anticristo na makapaglalarawan na sa lahat ng kanilang ginagawa, sinusubukan nilang protektahan ang sarili nilang reputasyon at katayuan? Maliwanag ba ang paksang ito o hindi? Malaki ba o maliit ang saklaw nito? Ito ba ay tipikal o hindi? (Tipikal ito.) Ang paksang ito ay direktang nauugnay sa kalikasang diwa ng mga anticristo. Anong mga pagpapamalas ang ipinapakita ng mga anticristo habang namumuhay kasama ng mga grupo ng mga tao? Anong uri ng saloobin at anong mga kilos ang ginagamit nila para protektahan ang kanilang reputasyon at katayuan? Una sa lahat, kung walang katayuan ang mga anticristo, mga anticristo pa rin ba sila? (Oo.) Kailangan mong magkaroon ng malinaw na pagkaunawa sa konseptong ito. Huwag mong isipin na tanging ang mga tao na may katayuan ang maaaring magtaglay ng diwa ng mga anticristo at maging mga anticristo, o na ang mga ordinaryong tao na walang katayuan ay hindi mga anticristo. Sa totoo lang, napakalawak ng saklaw. Ang sinumang tao na nagtataglay ng diwa ng mga anticristo ay isang anticristo pa rin, hindi mahalaga kung siya ay may katayuan o wala, at kung siya man ay isang lider o isang ordinaryong mananampalataya; ito ay natutukoy sa pamamagitan

ng kanyang diwa. Kung gayon, anong mga pagpapamalas ang ipinapakita ng mga taong may diwa ng mga anticristo habang sila ay mga ordinaryong tagasunod? Aling mga pagbubunyag ng kalikasang diwa ang nagsisilbing sapat na patunay na sila ay, sa katunayan, mga anticristo? Una, tingnan natin kung paano sila namumuhay sa loob ng mga grupo ng mga tao, kung paano nila tinatrato ang iba, at kung ano ang saloobing kinikimkim nila patungkol sa katotohanan. Ang higit na dapat nating pagbahaginan ay hindi kung ano ang kinakain ng mga anticristo, kung ano ang kanilang isinusuot, kung saan sila nakatira, o kung paano sila gumagala, kundi kung paano nila pinoprotektahan ang kanilang reputasyon at katayuan habang nasa loob ng mga grupo. Kahit na sila ay mga ordinaryong mananampalataya, palagi pa rin nilang sinusubukang protektahan ang kanilang reputasyon at katayuan, palaging ibinubunyag ang ganitong uri ng disposisyon at diwa, at ginagawa ang ganitong uri ng mga bagay. Samakatwid, nagbibigay-daan ito sa atin na mas lalong maunawaan ang disposisyon at diwa ng mga anticristo. May katayuan man o wala ang mga anticristo, at kailanman o saanman sila naroroon, ang disposisyon at diwa ng mga anticristo ay palaging naibubunyag at naipapamalas sa kanila. Hindi ito limitado sa anumang espasyo, heograpiya, o mga tao, pangyayari, at mga bagay.

Kapag gumagawa ng tungkulin ang mga anticristo, anuman ito at kahit nasaang grupo pa sila, nagpapamalas sila ng kakaibang uri ng pag-uugali, iyon ay na sa lahat ng bagay, gusto nilang palaging namumukod-tangi at nagpapakitang-gilas, may gawi silang palaging pigilan ang mga tao at kontrolin ang mga ito, gusto nilang palaging pamunuan ang mga tao at na sila ang masunod, gusto nilang palagi silang napapansin, gusto nilang palaging makuha ang tingin at atensiyon ng mga tao, at gusto nilang hangaan sila ng lahat. Sa tuwing sumasali ang mga anticristo sa isang grupo, kahit gaano pa karami ang bilang nito, kahit sino pa ang mga miyembro ng grupo, o kahit ano pa ang propesyon o pagkakakilanlan ng mga ito, tinatasa ng mga anticristo ang mga bagay-bagay upang makita kung sino ang kapita-pitagan at namumukod-tangi, sino ang mahusay magsalita, sino ang kahanga-hanga, at sino ang kalipikado o may katanyagan. Tinatantiya nila kung sino ang kaya nilang talunin at kung sino ang hindi nila kaya, pati na rin kung sino ang nakahihigit sa kanila at kung sino ang mas mababa. Ito ang mga unang bagay na tinitingnan nila. Matapos na mabilisang suriin ang sitwasyon, sinisimulan nilang umaksiyon, isinasantabi at pansamantalang hindi pinapansin ang mga nasa ilalim nila. Inuuna nila ang mga pinaniniwalaan nilang mas nakatataas, ang mga medyo may katanyagan at katayuan, o ang mga may kaloob at talento. Sinusukat muna nila ang kanilang sarili sa mga taong ito. Kung ang isa man sa mga taong ito ay iginagalang ng mga kapatid, o matagal nang mananampalataya sa Diyos at may magandang reputasyon, nagiging puntirya siya ng inggit ng mga anticristo, at siyempre, nakikita siya bilang kakompetensiya. Pagkatapos, tahimik na ikinukumpara ng mga anticristo ang kanilang sarili sa mga taong ito na may katanyagan, may katayuan, at hinahangaan ng mga kapatid. Sinisimulan nilang pagnilayan ang gayong mga tao, sinusuri kung ano ang kayang gawin ng mga iyon at

kung saan nagpakadalubhasa ang mga iyon, at kung bakit pinahahalagahan ng ilang tao ang mga iyon. Habang nanonood at nagmamasid, napagtatanto ng mga anticristo na ang mga taong ito ay mga eksperto sa isang partikular na propesyon, pati na rin ang katunayan na lubos silang iginagalang ng lahat, dahil mas matagal na silang nananampalataya sa Diyos, at nakakapagbahagi sila ng isang patotoong batay sa karanasan. Itinuturing ng mga anticristo ang gayong mga tao bilang “masisila” at kinikilala ang mga ito bilang mga katunggali, at pagkatapos ay bumubuo sila ng plano ng pagkilos. Anong plano ng pagkilos? Tinitingnan nila ang mga aspekto kung saan sila mahina kung ikukumpara sa kanilang mga katunggali at pagkatapos ay magsisimula silang magpabuti sa mga aspektong ito. Halimbawa, kung hindi sila ganoon kahusay sa isang partikular na propesyon gaya ng mga ito, pag-aaralan nila ang propesyong iyon, mas magbabasa sila ng mga libro, mas magsasaliksik ng lahat ng uri ng impormasyon, at mapagpakumbabang mas hihingi ng tagubilin mula sa iba. Makikilahok sila sa iba’t ibang uri ng gawaing may kinalaman sa propesyong iyon, habang unti-unting nadaragdagan ang karanasan at nalilintang ang sarili nilang kapangyarihan. At kapag naniniwala sila na mayroon silang kapital para makipagtuos sa kanilang mga kalaban, madalas silang sumusulong para ipahayag ang kanilang sariling “napakatalinong mga pananaw,” at madalas nilang sadyang pinabubulaanan at minamaliit ang kanilang mga kalaban, para ipahiya ang mga iyon at dumihan ang mga pangalan ng mga iyon, at sa gayon ay mabigyang-diin kung gaano sila katalino at kakatangi-tangi, at masupil ang kanilang mga kalaban. Nakikita ng mga taong may matalas na pang-unawa ang lahat ng bagay na ito, tanging ang mga hangal at mangmang at walang pagkilatis ang hindi nakakakita nito. Ang nakikita lang ng karamihan sa mga tao ay ang kasigasigan ng mga anticristo, ang kanilang paghahangad, pagdurusa, pagbabayad ng halaga, at panlabas na mabuting pag-uugali, pero ang tunay na sitwasyon ay nakatago sa kaibuturan ng puso ng mga anticristo. Ano ang kanilang pangunahing intensyon? Ito ay ang magkamit ng katayuan. Ang puntirya kung saan nakasentro ang lahat ng kanilang gawain, ang lahat ng kanilang pagpapakapagod, at ang lahat ng halagang ibinabayad nila ay ang bagay na sinasamba nila nang higit sa lahat sa puso nila: ang katayuan at kapangyarihan.

Upang magkamit ng kapangyarihan at katayuan, ang unang ginagawa ng mga anticristo sa iglesia ay ang subukang kunin ang tiwala at pagpapahalaga ng ibang mga tao, para makakumbinsi sila ng mas maraming tao, at mahikayat ang mas maraming tao na tingalain at sambahin sila, nang sa gayon ay makamit ang kanilang layon na magkaroon ng huling salita sa iglesia, at humawak ng kapangyarihan. Pagdating sa pagkakaroon ng kapangyarihan, pinakabihasa sila sa pakikipagkompetensiya at pakikipaglaban sa ibang tao. Ang mga taong naghahangad sa katotohanan, na may katanyagan sa iglesia, at minamahal ng mga kapatid, ay ang kanilang pangunahing kakompetensiya. Ang sinumang tao na nagbabanta sa kanilang katayuan ay ang kanilang kakompetensiya. Nakikipagkompetensiya sila sa mga mas malakas sa kanila nang hindi natitinag; at nakikipagkompetensiya sila sa mga mas mahina sa kanila, nang walang

anumang nararamdaman na awa. Ang puso nila ay puno ng mga pilosopiya ng labanan. Naniniwala sila na kung ang mga tao ay hindi nakikipagkompetensiya at nakikipaglaban, hindi sila makakakuha ng anumang pakinabang, at na makukuha lamang nila ang mga bagay na gusto nila sa pamamagitan ng pakikipagkompetensiya at pakikipaglaban. Upang magtamo ng katayuan at makakuha ng nangungunang posisyon sa isang grupo ng mga tao, gagawin nila ang lahat para makipagkompetensiya sa iba, at hindi nila pinapalampas ang kahit isang tao na nagsisilbing banta sa kanilang katayuan. Kahit sino ang kanilang nakakasalamuha, puno sila ng pagnanais na makipaglaban, at kahit habang tumatanda na sila, lumalaban pa rin sila. Madalas nilang sinasabi na: “Kaya ko bang talunin ang taong iyon kung makikipagkompetensiya ako sa kanila?” Ang sinumang mahusay magsalita at kayang magsalita sa isang lohikal, nakabalangkas, at sistematikong paraan ay nagiging puntirya ng kanilang inggit at panggagaya. Dagdag pa rito, nagiging kakompetensiya nila ito. Ang sinumang naghahangad sa katotohanan at nagtataglay ng pananalig, at kayang tumulong at sumuporta sa mga kapatid nang madalas, at nakapagpapaahon sa mga ito mula sa pagiging negatibo at mahina, ay nagiging kakompetensiya rin nila, pati na rin ang sinumang eksperto sa isang partikular na propesyon, at medyo pinahahalagahan ng mga kapatid. Ang sinumang nakakakuha ng mga resulta sa kanilang gawain at nagtatamo ng pagkilala ng ang Itaas ay natural na nagiging mas malaki pang kakompetensiya para sa kanila. Ano ang mga kasabihan ng mga anticristo, kahit saang grupo man sila naroroon? Ibahagi ang inyong mga kaisipan. (Ang pakikipaglaban sa ibang tao at sa Langit ay isang walang katapusang kasiyahan.) Hindi ba’t kabaliwan ito? Kabaliwan ito. May iba pa ba? (O Diyos, hindi kaya iniisip nila na: “Ako ang sarili kong panginoon sa buong langit at lupa”? Ibig sabihin, gusto nila na maging sila ang pinakamataas, at kahit sino pa ang kasama nila, palagi nilang gustong higitan ito.) Isa ito sa kanilang mga ideya. May iba pa ba? (O Diyos, naisip ko ang apat na salita: “Ang panalo ay hari.” Sa tingin ko, gusto nilang palagi silang nakalalamang kaysa sa iba at mamukod-tangi, saanman sila naroroon, at nagsisikap sila na maging ang pinakamataas.) Karamihan sa sinabi ninyo ay mga uri ng ideya; subukan ninyong gumamit ng isang uri ng pag-uugali para ilarawan sila. Hindi kinakailangang naisin ng mga anticristo na mag-okupa ng pinakamataas na posisyon saanman sila naroroon. Sa tuwing pumupunta sila sa isang lugar, mayroon silang disposisyon at mentalidad na pumupwersa sa kanila na kumilos. Ano ang pag-iisip na ito? Ito ay “Kailangan kong makipagkompetensiya! Makipagkompetensiya! Makipagkompetensiya!” Bakit tatlong “makipagkompetensiya,” bakit hindi iisang “makipagkompetensiya”? (Kompetisyon na ang naging buhay nila; namumuhay sila ayon dito.) Ito ang kanilang disposisyon. Isinilang sila na may disposisyon na napakayabang at mahirap pigilan, ibig sabihin, ang pagturing nila sa kanilang sarili bilang pinakamagaling sa lahat, at pagiging lubhang mapagmataas. Walang makapigil sa kanilang napakayabang na disposisyon; sila rin mismo ay hindi ito makontrol. Kaya, ang buhay nila ay tungkol lamang sa pakikipaglaban at pakikipagkompetensiya. Ano ang ipinaglalaman at pinagkokompetensiyahan nila?

Likas na nakikipagkompetensiya sila para sa kasikatan, pakinabang, katayuan, dangal, at sarili nilang mga interes. Anumang mga pamamaraan ang kailangan nilang gamitin, basta't nagpapasakop ang lahat sa kanila, at basta't natatamo nila ang mga pakinabang at katayuan para sa kanilang sarili, nakamit na nila ang kanilang layon. Ang kagustuhan nilang makipagkompetensiya ay hindi isang pansamantalang libangan; ito ay isang uri ng disposisyon na nagmumula sa isang satanikong kalikasan. Katulad ito ng disposisyon ng malaking pulang dragon na nakikipaglaban sa Langit, nakikipaglaban sa lupa, at nakikipaglaban sa mga tao. Ngayon, kapag nakikipaglaban at nakikipagkompetensiya ang mga anticristo sa iba sa iglesia, ano ang gusto nila? Walang duda, nakikipagkompetensiya sila para sa reputasyon at katayuan. Ngunit kung magkamit sila ng katayuan, ano ang silbi nito sa kanila? Anong buti ang idudulot sa kanila kung pakinggan, hangaan, at sambahin sila ng iba? Ni hindi nga ito maipaliwanag ng mga anticristo mismo. Ang totoo, gusto nilang magtamasa ng reputasyon at katayuan, na ngitian sila ng lahat ng tao, at batiin sila nang may pambobola at paninipsip. Kaya, tuwing pumupunta sa iglesia ang isang anticristo, isa lang ang ginagawa niya: nakikipaglaban at nakikipagkompetensiya sa iba. Kahit magkaroon siya ng kapangyarihan at katayuan, hindi pa siya tapos. Para maprotektahan ang kanyang katayuan at masiguro ang kanyang kapangyarihan, patuloy siyang nakikipaglaban at nakikipagkompetensiya sa iba. Gagawin niya ito hanggang sa mamatay siya. Kaya, ang pilosopiya ng mga anticristo ay, "Hangga't buhay ka, huwag kang tumigil sa pakikipaglaban." Kung may isang masamang taong katulad nito sa loob ng iglesia, makakagulo ba ito sa mga kapatid? Halimbawa, sabihin nang ang lahat ay tahimik na kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos at nagbabahaginan tungkol sa katotohanan, at ang atmospera ay payapa at masaya ang lagay ng loob. Sa panahong ito, magngingitngit sa kawalang-kasiyahan ang isang anticristo. Maiinggit siya sa mga nagbabahaginan tungkol sa katotohanan at kamumuhian niya ang mga ito. Sisimulan niyang batikusin at husgahan ang mga ito. Hindi ba nito magugulo ang payapang kapaligiran? Masamang tao siya na dumating para guluhin ang iba at maging kasuklam-suklam sa kanila. Ganyan ang mga anticristo. Kung minsan, walang balak ang mga anticristo na sirain o talunin ang mga kinokompetensiya at sinusupil nila; basta't nagtatamo sila ng reputasyon, katayuan, banidad, at dangal, at napapahanga nila ang mga tao, nakamit na nila ang kanilang layon. Habang nakikipagkompetensiya sila, nagbubunyag sila ng isang uri ng malinaw na satanikong disposisyon. Anong disposisyon ito? Ibig sabihin, sa anumang iglesia man sila naroroon, palagi nilang gustong makipagkompetensiya at makipaglaban sa ibang tao, palagi nilang gustong makipagkompetensiya para sa kasikatan, pakinabang, at katayuan, at nararamdaman lamang nila na naisakatuparan na nila ang kanilang layon kapag nasadlak ang iglesia sa kaguluhan at kaligaligan, at kapag nagkamit na sila ng katayuan at ang lahat ay sumuko na sa kanila. Ito ang kalikasan ng mga anticristo, ibig sabihin, ginagamit nila ang kompetisyon at pakikipaglaban para matamo ang kanilang mga layon.

Ano ang kasabihan ng mga anticristo, kahit nasaang grupo man sila? “Kailangan kong makipagkompetensiya! Makipagkompetensiya! Makipagkompetensiya! Dapat akong makipagkompetensiya upang maging ang pinakamataas at pinakadakila!” Ito ang disposisyon ng mga anticristo; kahit saan sila pumunta, sila ay nakikipagkompetensiya at sumusubok na kamtin ang kanilang mga pakay. Sila ang mga alipin ni Satanas, at ginugulo nila ang gawain ng iglesia. Ang disposisyon ng mga anticristo ay ganito: Nagsisimula sila sa pagtingin-tingin sa iglesia para makita kung sino ang maraming taon nang nananampalataya sa Diyos at mayroong kapital, sino ang may ilang kaloob o talento, sino ang naging kapaki-pakinabang sa mga kapatid sa buhay pagpasok nila, sino ang may higit na katanyagan, sino ang mas matagal na sa posisyon, sino ang pinupuri ng mga kapatid, at sino ang may mas maraming positibong bagay. Ang mga taong iyon ang magiging kakompetensiya nila. Sa kabuuan, tuwing nasa isang grupo ng mga tao ang mga anticristo, ito ang palagi nilang ginagawa: Sila ay nakikipagkompetensiya para sa katayuan, nakikipagkompetensiya para sa magandang reputasyon, nakikipagkompetensiya para sila ang may huling salita sa mga bagay-bagay at ang may karapatan na gumawa ng mga desisyon sa grupo, na siyang, kapag nakamit na nila ito, nagpapasaya sa kanila. Nakakagawa ba sila ng aktuwal na gawain matapos nilang makamit ang mga bagay na ito? Tiyak na hindi, hindi sila nakikipagkompetensiya at nakikipaglaban para gumawa ng aktuwal na gawain; ang layon nila ay ang madaig ang lahat. “Wala akong pakialam kung handa kang magpaubaya sa akin o hindi; kung kapital ang pag-uusapan, ako ang pinakamagaling, pagdating sa mga kasanayan sa pagsasalita, ako ang pinakamahusay, at pagdating sa mga kaloob at talento, ako ang may pinakamarami.” Anuman ang larangan, palagi nilang gustong makipagkompetensiya para sa nangungunang puwesto. Kung pipiliin sila ng mga kapatid na maging mga superbisor, makikipagkompetensiya ang mga anticristo sa kanilang mga katuwang para magkaroon sila ng huling salita at karapatan na gumawa ng mga desisyon. Kung ipinapapamahala sa kanila ng iglesia ang isang partikular na gawain, igigiit nila na sila ang masusunod sa kung paano ito isasakatuparan. Gugustuhin nila na magsikap para magtagumpay at maging realidad ang lahat ng kanilang sinasabi at ang lahat ng bagay na kanilang pinagpapasyahan. Kung panghahawakan ng mga kapatid ang ideya ng ibang tao, papalampasin ba nila ito? (Hindi.) Magkakaroon ng gulo. Kung hindi ka makikinig sa kanila, tuturuan ka nila ng leksiyon, ipaparamdam nila sa iyo na hindi mo kaya nang wala sila, at ipapakita sa iyo kung ano ang magiging mga kahihinatnan kung hindi mo sila susundin. Ganito kapalalo, kakasuklam-suklam, at ka-di-makatwiran ang disposisyon ng mga anticristo. Wala silang konsensiya ni katwiran, ni wala sila kahit kaunting bahid ng katotohanan. Nakikita ng isang tao sa mga kilos at gawa ng isang anticristo na ang ginagawa niya ay wala sa katwiran ng isang normal na tao, at bagama’t maaaring magbahagi sa kanya ang isang tao tungkol sa katotohanan, hindi niya iyon tinatanggap. Gaano man katama ang sinasabi mo, hindi iyon katanggap-tanggap sa kanya. Ang tanging gusto niyang hangarin ay reputasyon at katayuan, na kanyang pinagpipitaganan. Basta’t

natatamasa niya ang mga pakinabang ng katayuan, kontento na siya. Pinaniniwalaan niyang ito ang kahalagahan ng kanyang pag-iral. Anumang grupo ng mga tao ang kanyang kinabibilangan, kailangan niyang ipakita sa mga tao ang “liwanag” at “init” na ibinibigay niya, ang kanyang mga talento, ang kanyang pagiging natatangi. At ito ay dahil naniniwala siyang espesyal siya kaya likas sa kanyang isipin na dapat siyang tratuhin nang mas mabuti kaysa sa mga ordinaryong tao, na dapat siyang tumanggap ng suporta at paghanga ng mga tao, na dapat siyang tingalain ng mga tao, at sambahin siya—iniisip niyang ang lahat ng ito ay naaangkop sa kanya. Hindi ba’t garapal at walang kahihyan ang gayong mga tao? Hindi ba’t problema ang magkaroon ng gayong mga tao sa iglesia? Kapag may nangyayari, natural lang na dapat makinig ang mga tao sa sinumang nagsasalita nang tama, magpasakop sa sinumang nagbibigay ng isang mungkahi na kapaki-pakinabang sa gawain ng sambahayan ng Diyos, at tanggapin ng mga tao ang mungkahi ng sinuman na siyang naaayon sa mga katotohanang prinsipyo. Kung may sasabihin ang mga anticristo na hindi naaayon sa mga prinsipyo, maaaring hindi sila pakinggan ng lahat o hindi tanggapin ang kanilang mungkahi. Sa ganoong sitwasyon, ano ang gagawin ng mga anticristo? Patuloy nilang sisikapin na ipagtanggol at pangatwiran ang kanilang sarili, at mag-iisip sila ng mga paraan upang makumbinsi ang iba at mahikayat ang mga kapatid na pakinggan sila at tanggapin ang kanilang mungkahi. Hindi nila isinasaalang-alang kung ano ang maaaring maging epekto nito sa gawain ng iglesia kung tatanggapin ang kanilang mungkahi. Wala ito sa saklaw ng mga bagay na kanilang isinasaalang-alang. Ano ang tanging bagay na kanilang isasaalang-alang? “Kung hindi tatanggapin ang aking mungkahi, saan ko maipapakita ang aking mukha? Kaya, kailangan kong makipagkompetensiya at magsikap para matanggap ang aking mungkahi.” Sa tuwing may nangyayari, ganito sila mag-isip at kumilos. Hindi sila kailanman nagninilay-nilay kung naaayon ba ito sa mga prinsipyo o hindi, at hindi nila kailanman tinatanggap ang katotohanan. Ito ang disposisyon ng mga anticristo.

Ano ang pangunahing pagpapamalas ng ganap na kawalan ng katwiran ng mga anticristo? Naniniwala sila na mayroon silang mga kaloob, na sila ay magaling, nagtataglay ng mahusay na kakayahan, at na dapat silang sambahin at suportahan ng ibang tao, at ilagay sa isang mahalagang posisyon ng sambahayan ng Diyos. Higit pa rito, naniniwala sila na dapat tanggapin at isulong ng sambahayan ng Diyos ang lahat ng mungkahi at ideya na inihahain nila, at kung hindi ito tatanggapin ng sambahayan ng Diyos, magagalit sila nang husto, lalabanan nila ang sambahayan ng Diyos, at magtatayo sila ng kanilang nagsasariling mga kaharian. Hindi ba’t ang pagbubunyag na ito ng disposisyon at diwa ng mga anticristo ay nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan sa iglesia? Maaaring sabihin na ang lahat ng kilos ng mga anticristo ay nagsasanhi ng napakalaking pagkagambala at kaguluhan sa gawain ng iglesia at sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Kapag nakikipagkompetensiya ang mga anticristo para sa mga posisyon ng pamumuno sa iglesia at sa katanyagan sa gitna ng mga taong hinirang ng Diyos, gumagamit sila ng lahat ng paraang kaya nila para atakihin ang iba at itaas ang

kanilang sarili. Hindi nila isinasaalang-alang kung gaano nila maaaring masira nang husto ang gawain ng sambahayan ng Diyos at ang buhay pagpasok ng mga taong hinirang ng Diyos. Ang isinasaalang-alang lamang nila ay kung matutugunan ba ang kanilang mga ambisyon at pagnanais, at kung magiging tiyak ba ang sarili nilang katayuan at reputasyon. Ang kanilang papel sa mga iglesia at sa gitna ng mga taong hinirang ng Diyos ay bilang mga demonyo, bilang ang masasama, bilang mga alipin ni Satanas. Hinding-hindi sila mga taong tunay na nananampalataya sa Diyos, ni hindi sila mga tagasunod ng Diyos, lalong hindi sila mga taong nagmamahal at tumatanggap sa katotohanan. Kapag hindi pa natatamo ang kanilang mga intensyon at layon, hindi nila kailanman pinagninilayan at kinikilala ang kanilang sarili, hindi nila kailanman pinagninilayan kung ang kanilang mga intensyon at layon ay nakaayon sa katotohanan, hindi nila kailanman sinasaliksik kung paano tahakin ang landas ng paghahangad sa katotohanan para makamit ang kaligtasan. Hindi sila nananampalataya sa Diyos at pumipili ng landas na dapat nilang tahakin nang may mapagpasakop na isipan. Sa halip, pinipiga nila ang kanilang utak, iniisip na: “Paano ko mararating ang posisyon ng isang lider o ng isang manggagawa? Paano ako makikipagkompetensiya sa mga lider at manggagawa ng iglesia? Paano ko maililihis at makokontrol ang mga taong hinirang ng diyos, at magagawang tau-tauhan lamang si cristo? Paano ako makakakuha ng puwesto para sa aking sarili sa iglesia? Paano ko matitiyak na mayroon akong matatag na posisyon sa iglesia at nakapagkakamit ng katayuan, masisiguro na magtatagumpay ako at hindi mabibigo, at matatamo sa huli ang aking layon na kontrolin ang hinirang na mga tao ng diyos at magtatag ng sarili kong kaharian?” Ito ang mga bagay na iniisip ng mga anticristo sa mga araw at gabi. Anong disposisyon at kalikasan ito? Halimbawa, kapag nagsusulat ng mga artikulo ng patotoo ang mga ordinaryong kapatid, iniisip nila kung paano tapat na maipapahayag ang kanilang mga karanasan at pagkaunawa sa pamamagitan ng pagsulat. Kaya, nagdarasal sila sa harap ng Diyos nang umaasa na pagkakalooban sila ng Diyos ng higit pang kaliwanagan tungkol sa katotohanan, at bibigyang-daan sila na makapagkamit ng mas malaki at mas malalim na pagkaunawa rito. Samantalang kapag nagsusulat ng mga artikulo ang mga anticristo, pinipiga nila ang kanilang utak sa pagninilay-nilay kung paano susulat sa paraan na mas maraming tao ang makakaunawa sa kanila, makakakilala sa kanila, at hahangaan sila, at sa gayon ay magkakamit sila ng katayuan sa isipan ng mas maraming tao. Nais nilang gamitin itong pinakaordinaryo at pinakamaliit na bagay para madagdagan ang kanilang kasikatan. Ni hindi nila kayang palampasin ang ganitong uri ng pagkakataon. Anong klaseng tao sila? Kapag nakikita ng ilang anticristo na nakapagsusulat ng mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan ang ibang tao, nagnanais sila na sumulat ng isang bagay na mas kamangha-mangha kaysa sa patotoong batay sa karanasan ng sinuman, sa pagsisikap na makipagkompetensiya rito para sa katayuan at katanyagan. At dahil dito, nag-iimbento at nangongopya sila ng mga kuwento. Nangangahas pa nga sila na gumawa ng mga bagay-bagay gaya ng pekeng patotoo. Para sumikat sila, para makilala ng mas

maraming tao, at mapalaganap ang kanilang pangalan, hindi nag-aatubili ang mga anticristo na gumawa ng iba't ibang kahiya-hiyang bagay. Ni hindi nila pinapalampas maging ang pinakamaliit na pagkakataon para maging kilala, para magkamit ng katayuan, at para mapahalagahan sila sa isang grupo ng mga tao at maituring nang may espesyal na paggalang. Ano ang pakay ng pagturing nang may espesyal na paggalang? Anong mga kahihinatnan at mga layon ang nais makamit ng mga anticristo? Nais ng mga anticristo na ituring sila ng iba bilang mga pambihirang tao, mga tao na mas marangal kaysa kaninuman, at na mahusay sa ilang partikular na larangan; nais nilang mag-iwan ng magandang impresyon sa isipan ng iba, isang malalim na impresyon, at unti-unti pa nga nilang inaakay ang ibang tao na kainggitan, hangaan, at tingalain sila. Habang nagsusumikap sila sa abot ng kanilang makakaya para matamo ang layong ito, patuloy rin nilang tinatahak ang parehong landas na tinatahak nila noon.

Kahit saang grupo ng mga tao sila kasama, hindi mahalaga kung nagkukunwari sila o nagpapakapagod, ang nakatago sa kaibuturan ng puso ng mga anticristo ay walang iba kundi isang pagnanais para sa katayuan. Ang diwa na ibinubunyag at ipinamamalas nila ay walang iba kundi ang pakikipaglaban at pakikipagkompetensiya. Anuman ang ginagawa ng mga anticristo, nakikipagkompetensiya sila sa iba para sa katayuan, dangal, at mga interes. Ang pinakakaraniwang pagpapamalas nito ay ang pakikipagkompetensiya para sa isang magandang pangalan, magandang pagtatasa, at katayuan sa isipan ng mga tao, upang pahalagahan at sambahin sila ng mga tao, at upang sa kanila umikot at nakasentro ang mga tao. Ito ang landas na tinatahak ng mga anticristo; ito ang ipinaglalaman ng mga anticristo. Kahit paano pa kinokondena at hinihimay-himay ng mga salita ng Diyos ang mga bagay na ito, hindi tatanggapin ng mga anticristo ang katotohanan, o tatanggapin ang paghatol at pagkastigo ng mga salita ng Diyos, o bibitiwan ang mga bagay na ito na hinahatulan at kinokondena ng Diyos. Sa kabaligtaran, habang mas inilalantad ng Diyos ang mga bagay na ito, mas nagiging tuso ang mga anticristo. Gumagamit sila ng mga mas tago at tusong paraan para hangarin ang mga bagay na ito, nang sa gayon ay hindi makita ng mga tao ang kanilang ginagawa, at maling paniniwalaan ng mga iyon na binitiwang na nila ang mga bagay na ito. Habang mas inilalantad ng Diyos ang mga bagay na ito, mas lalong naghahanap ng mga paraan ang mga anticristo na gumamit ng mga mas tuso at mas mautak na pamamaraan para hangarin at kamtin ang mga ito. Dagdag pa rito, gumagamit sila ng magagandang-pakinggan na salita para itago ang kanilang mga lihim na motibo. Sa kabuuan, lubos na hindi tinatanggap ng mga anticristo ang katotohanan, hindi sila nagninilay-nilay sa kanilang pag-uugali, o lumalapit sa Diyos nang nagdarasal at naghahanap sa katotohanan. Sa kabaligtaran, mas lalo pa nga silang hindi nasisiyahan sa kanilang puso sa paglalantad at paghatol ng Diyos, hanggang sa punto na inuugali nila ang isang mapanlaban na saloobin patungkol sa mga bagay na ito. Bukod sa hindi nila isinusuko ang kanilang paghahangad ng reputasyon at katayuan, mas lalo pa nilang pinahahalagahan ang mga bagay na ito, at nag-iisip sila ng mga paraan para ilihim at

itago ang paghahangad na ito, at para pigilan ang mga tao na makilatis at mahalata ito. Anuman ang sitwasyon, hindi lamang nabibigo ang mga anticristo na isagawa ang katotohanan, kundi, kapag nabubunyag ang kanilang tunay na kulay, ibig sabihin, kapag hindi sinasadyang naibubunyag nila itong mga ambisyon at pagnanais nila, mas nag-aalala sila na makikilatis ng iba ang kanilang diwa at tunay na mukha batay sa mga salita ng Diyos at sa katotohanan, kaya, sinisikap nila itong itago, at ginagawa nila ang lahat ng kanilang makakaya para ipagtanggol ang kanilang sarili. Ano ang pakay nila sa pagtatago nito? Ito ay para protektahan ang kanilang katayuan at reputasyon mula sa pagdanas ng mga pagkawala, at upang mapanatili ang kanilang lakas para sa susunod nilang pakikipaglaban. Ito ang diwa ng mga anticristo. Anumang oras o sitwasyon, ang mga layon at direksyon ng kanilang sariling asal ay hindi magbabago, pati na rin ang mga layon nila sa buhay, o ang mga prinsipyo sa likod ng kanilang mga kilos, o ang pagnanais, ambisyon, at pakay sa kaibuturan ng kanilang puso na maghangad ng katayuan. Bukod sa gagawin nila ang kanilang makakaya para sikaping magkamit ng katayuan, paiigtingin nila ang kanilang pagsusumikap para matamo ito. Habang mas nagbabahagi ang sambahayan ng Diyos tungkol sa katotohanan, mas lalo silang mautak na umiiwas sa paggamit ng ilang halatang pag-uugali at pagpapamalas na natatarok nang malinaw at nakikilatis ng ibang tao. Magpapalit sila ng ibang uri ng pamamaraan, at mapait na iiyak habang inaamin ang kanilang mga pagkakamali at kinokondena ang kanilang sarili, nakukuha ang simpatiya ng mga tao, maling pinapaniwala ang mga tao na nagsisi at nagbago na sila, at ginagawang mas mahirap para sa mga tao na makilatis sila. Ano ang diwang ito ng mga anticristo? Hindi ba't medyo tuso ito? (Ganoon nga.) Kapag ganito katuso ang mga tao, sila ay mga diyablo. Kaya ba ng mga diyablo na tunay na magsisi? Kaya ba talaga nilang isantabi ang kanilang ambisyon at pagnanais na maghangad ng katayuan? Mas gugustuhin pa ng mga diyablo na mamatay kaysa sa isantabi ang ambisyong ito. Kahit paano mo ibahagi sa kanila ang katotohanan, magiging walang silbi ito, hindi nila isasantabi ang ambisyong ito. Kung, sa ganitong sitwasyon, ay natalo sila at inilantad sila ng mga kapatid, magpapatuloy pa rin sila sa pakikipaglaban at pakikipagkompetensiya para sa katayuan, dangal, huling salita, at karapatan na gumawa ng mga desisyon kapag lumipat na sila sa susunod na grupo. Makikipagkompetensiya sila para sa mga bagay na ito. Anuman ang sitwasyon, o anumang grupo ng mga tao ang kinabibilangan nila, ang prinsipyo na palagi nilang sinusunod ay ang makipagkompetensiya: "Ako lang ang maaaring mamuno; walang ibang puwedeng mamuno sa akin!" Talagang ayaw nilang maging mga ordinaryong tagasunod, o tumanggap ng pamumuno o pagtulong ng ibang tao. Ito ang diwa ng mga anticristo.

Sa iglesia, mayroon bang mga tao na nananampalataya sa Diyos sa loob ng maraming taon ngunit hindi man lang naghahangad sa katotohanan, at palaging naghahangad ng katayuan at reputasyon? Ano ang mga pagpapamalas ng ganitong mga tao? Masasabi ba ninyo na ang mga taong palaging nagbabandera ng kanilang sarili, na mahilig

lumikha ng mga orihinal na kaisipan at magbulalas ng matatayog na ideya ay gayong mga tao? Ano-anong uri ng mga bagay ang madalas nilang ginagawa? (May isang tao na nagpapahayag ng kanyang pananaw, at para sa lahat ng iba, tila tama ito, pero upang ipakita kung gaano sila katalino, nagsasabi sila ng ibang pananaw, na sa tingin ng mga tao ay mas tama, at na magpapabulaan sa pananaw ng naunang tao, nang sa gayon ay naipapakita kung gaano sila katalino.) Ito ay tinatawag na pagpapakitang-gilas. Tinatanggihan nila ang mga pananaw ng ibang tao, at pagkatapos ay nagsasabi sila ng kanilang sariling natatanging perspektiba, isang perspektiba na kahit sila mismo ay hindi naniniwala na ito ay makatotohanan o balido—isang simpleng islogan—subalit kailangan nilang ipakita sa mga tao kung gaano sila katalino at hikayatin ang lahat na makinig sa kanila. Kailangang palagi silang naiiba, kailangang palagi silang makaisip ng mga orihinal na kaisipan, at palagi silang naglilitanya ng matatayog na ideya, at gaano man kaposible at kapraktikal ang sinasabi ng ibang tao, kailangan nilang tutulan ito, at humanap ng iba’t ibang dahilan at palusot para iwaksi ang mga pananaw ng ibang tao. Ito ang mga pinakakaraniwang pag-uugali ng mga tao na nagsisikap na makaisip ng mga orihinal na kaisipan at maglitanya ng matatayog na ideya. Gaano man kawasto o kaangkop ang mga ikinilos ng isang tao, iwawaksi at babalewalain nila ito. Kahit malinaw nilang alam na kumilos nang naaangkop ang taong ito, sinasabi pa rin nila na hindi angkop ang kanyang mga kilos, at ipinapahiwatig nila na para bang nagampanan sana nila ito nang mas maayos, at na talagang hindi sila mas mababa kaysa sa taong iyon. Iniisip ng mga taong gaya nito na walang sinuman ang kasinggaling nila, na sila ay mas mahusay kaysa sa ibang tao sa lahat ng aspekto. Para sa kanila, ang lahat ng sinasabi ng ibang tao ay mali; ang ibang tao ay walang halaga, at sila mismo ay magaling sa lahat ng aspekto. Kahit na magkamali sila at mapungusan, labag sa loob nila ang magpasakop, hindi nila tatanggapin ang katotohanan kahit kaunti, at maaari din na makaisip sila ng sangkatutak na palusot, na magiging dahilan para akalain ng iba na hindi sila nagkamali, at na hindi sila dapat napungusan. Ang mga taong mahilig mag-isip ng mga orihinal na kaisipan at maglitanya ng matatayog na ideya ay mayayabang at mga nag-aakalang mas matuwid sila kaysa sa iba sa ganitong paraan. Sa totoo lang, ang karamihan ng mga taong ito ay walang tunay na talento, at hindi nila magawa nang maayos ang anumang bagay; ang anumang gawin nila ay nagiging isang malaking kaguluhan. Ngunit wala silang kamalayan sa sarili, at iniisip nila na mas magaling sila kaysa sa ibang tao, at nangangahas silang makialam at makisali sa anumang ginagawa ng ibang tao, at patuloy silang naglilitanya ng matatayog na ideya, palaging nagnanais na pahalagahan at pakinggan sila ng iba. Anuman ang sitwasyon, o saang grupo man sila kasama, nais lamang nila na pagsilbihan at pakinggan sila ng iba; ayaw nilang maglingkod o makinig sa sinuman. Hindi ba’t mga anticristo ito? Ganito kayabang ang mga anticristo at ganito nila inaakalang mas matuwid sila kaysa sa iba; ganito sila kawalang-katwiran. Nagsasalita lamang sila tungkol sa mga paimbabaw na doktrina, at kapag tinutukoy ng iba ang kanilang mga pagkakamali, kinakailangan nilang baluktutin

ang mga salita at lohika, at magsalita sa isang huwad at magandang pakinggan na paraan, para iparamdam sa mga tao na tama sila. Kahit gaano pa katama ang opinyon ng isang tao, gagamit ang mga anticristo ng mapanghikayat na paraan ng pagsasalita para ipalabas na mali ito, at hikayatin ang lahat na tanggapin ang kanilang sariling opinyon. Ganitong uri ng mga tao ang mga anticristo—napakahusay nila sa panlilihis ng iba, kaya nilang ilihis ang mga tao hanggang sa malito ang mga ito, mawala sa direksyon, at hindi na malaman kung ano ang tama sa mali. Sa huli, ang lahat ng walang pagkilatis ay tuluyang malilihis at mabibihag ng mga anticristong ito. May mga taong nanlilihis sa iba nang ganito sa karamihan sa mga iglesia. Kapag ibinabahagi ng hinirang na mga tao ng Diyos ang katotohanan o ibinabahagi nila ang kanilang patotoong batay sa karanasan, palaging tumatayo ang mga anticristo at nagpapahayag ng kanilang sariling mga pananaw. Hindi nila binubuksan ang kanilang puso para magbahagi tungkol sa kanilang kaalamang batay sa karanasan sa matapat na paraan; sa halip, palagi nilang tinutukoy ang mga bagay-bagay at nagbibitiw sila ng mga mapangbatikos at iresponsableng komento tungkol sa kaalamang batay sa karanasan ng ibang tao, para ipangalandakan kung gaano sila katalino, at makamit ang kanilang pakay na mapahalagahan sila ng iba. Ang mga anticristo ay napakabihasa sa pagsasalita tungkol sa mga salita at doktrina; hindi sila kailanman makakapagbahagi ng tunay na patotoong batay sa karanasan, at hindi sila kailanman nagsasalita tungkol sa pagkakilala sa sarili. Sa halip, palagi silang naghahanap ng mga problema sa ibang tao at pinalalaki ang mga ito. Hindi mo kailanman makikita ang mga anticristo na tumatanggap ng mga opinyon ng ibang tao nang may bukas na isipan, o na kusang nagbabahagi tungkol sa kanilang sariling mga tiwaling disposisyon at inilalantad ang kanilang sarili sa iba. Tiyak na hindi mo sila makikitang nagbabahagi tungkol sa kung ano ang mga kinimkim nilang mali at walang-katuturang pananaw, at kung paano nila binago ang mga ito, at tiyak na hindi mo sila naririnig na umaamin sa mga kamaliang nagawa nila o sa kanilang mga pagkukulang.... Gaano man katagal na nakikisalamuha ang mga anticristo sa iba, palagi nilang ipinaparamdam sa ibang tao na wala silang anumang katiwalian, na sila ay ipinanganak na mga banal at perpektong tao, at na dapat silang sambahin ng iba. Ang mga taong tunay na nagtataglay ng katwiran ay hindi gusto ang pahalagahan o sambahin sila ng iba. Kung talagang pinahalagahan at sinasamba sila ng ibang tao, itinuturing nila itong nakakahiya, dahil alam nila na mga tiwaling tao sila na may mga tiwaling disposisyon, at na hindi sila nagtataglay ng mga katotohanang realidad. Alam nila ang kanilang sariling abilidad, kaya anumang katiwalian ang ibinubunyag nila, at anumang maling pananaw ang naiisip nila, kaya nilang magbahagi tungkol sa mga bagay na ito sa makatotohanang paraan at ipaalam sa iba ang tungkol sa mga ito, at kapag ginagawa nila ito, sobrang magaan, malaya, at masaya ang pakiramdam nila. Hindi nila nararamdaman kahit kaunti na mahirap itong gawin. Kahit na hinuhusgahan sila ng ibang tao, minamaliit sila, tinatawag silang bobo, o hinahamak sila, hindi gaanong sumasama ang loob nila. Sa kabaligtaran, pakiramdam nila ay talagang normal lang ito

at kaya nila itong tratuhin sa wastong paraan. Dahil may mga tiwaling disposisyon ang mga tao, natural na magbubunyag sila ng katiwalian. Aminin mo man ito o hindi, isa itong katunayan. Kung kaya mong makilala ang iyong sariling katiwalian, mabuting bagay iyon, at mas mabuti pa nga kung malinaw rin itong nakikita ng iba, nang sa gayon ay hindi ka nila sasambahin o pahahalagahan. Ang mga taong nakakaunawa sa katotohanan at nagtataglay ng kaunting katwiran ay kayang magbukas ng kanilang puso at magbahagi tungkol sa pagkilala sa kanilang sarili; hindi sila nahihirapan dito. Subalit napakahirap nito para sa mga anticristo. Itinuturing nilang mga hangal ang mga taong nagtatapat nang taos-puso, at itinuturing nilang mga loko-loko iyong mga nagsasalita tungkol sa kanilang pagkakilala sa sarili at iyong mga nagsasalita nang matapat. Samakatwid, lubusang minamaliit ng mga anticristo ang mga taong iyon. Kung may isang tao na nakakaunawa sa katotohanan at lubos siyang sinasang-ayunan ng lahat, ituturing ng mga anticristo ang taong iyon bilang isang pako sa kanilang mga mata at tinik sa kanilang tagiliran, at huhusgahan at kokondenahin nila ito. Pabubulaanan nila ang mga wastong isinasagawa at ang mga positibong bagay na taglay ng taong iyon at palalabasing di-tama at baluktot na pagkaunawa ang mga ito. Kahit sino pa ang gumagawa ng isang bagay na kapaki-pakinabang sa iglesia o sa mga kapatid, mag-iisip ang mga anticristo ng mga paraan para maliitin, kutyain, at tuyain ang taong iyon; kahit gaano pa kabuti ang nagawa ng isang tao, o gaano man ito napakinabangan ng mga tao, iisipin ng mga anticristo na wala itong kabuluhan para pag-usapan, at babawasan at mamaliitin nila ang kahalagahan nito, ibinababa hanggang sa punto na magmumukha itong ganap na walang halaga. Samantala, kung gumagawa ang mga anticristo ng kaunting kabutihan, gagawin nila ang lahat ng kanilang makakaya para ipagmalabis at palakihin ito, ipakita ito sa lahat, ipaalam na sila ang gumawa nito, at na ito ay kanilang kapuri-puring serbisyo, upang tratuhin sila ng mga kapatid nang may espesyal na paggalang, palagi silang alalahanin, at makaramdam ang mga ito ng lubos na pasasalamat sa kanila, at matandaan ng mga ito kung ano ang mabuting bagay tungkol sa kanila. Ang lahat ng anticristo ay may kapabilidad na kumilos nang ganito, gayundin ang mga taong nagtataglay ng disposisyon ng mga anticristo. Sa aspektong ito, walang ipinagkaiba ang mga anticristo sa mga mapagpaimbabaw na Pariseo; sa katunayan, mas masahol pa sila sa mga ito. Ito ang mga pinakakaraniwan at pinakalitaw na tipikal na pagpapamalas ng mga anticristo.

Ano ang saloobin na kinikimkim ng mga anticristo kapag gumagawa sila ng mga bagay-bagay? Gusto nilang gumawa ng mabubuting bagay sa harap ng iba, at gusto nilang gumawa ng masasamang bagay nang palihim. Gusto nilang malaman ng lahat ang mga mabubuting bagay na ginagawa nila, at pagtakpan ang lahat ng masamang bagay para walang makakaalam tungkol dito, hanggang sa punto na wala ni isang salita ang makakalabas, at naoobliga silang gawin ang lahat ng kanilang makakaya para itago ang mga ito. Kasuklam-suklam ang ganitong disposisyon ng mga anticristo, hindi ba? Ano ang pakay ng pagkilos ng mga anticristo sa ganitong paraan? (Ito ay

para pangalagaan ang kanilang reputasyon at katayuan.) Tama. Sa panlabas, mukhang hindi sila nakikipagkompetensiya para sa katayuan o nagsasabi ng kahit ano alang-alang sa katayuan, pero ang lahat ng ginagawa at sinasabi nila ay alang-alang sa pagprotekta at pagpapanatili ng kanilang katayuan, at alang-alang sa pagtataglay ng mataas na katanyagan at magandang pangalan. Minsan, nagpupunyagi pa nga sila na magkaroon ng katayuan sa loob ng isang grupo nang hindi hinahayaang makita ng sinuman na ginagawa nila ito. Kahit na nagrerekomenda sila para sa isang tao, ibig sabihin, nagsasagawa sila ng ilang uri ng bagay na dapat nilang gawin, gusto nilang makaramdam ang taong kanilang nirekomenda ng labis na pasasalamat sa kanila, at ipaalam dito na nagkaroon lamang ito ng pagkakataon na gumampan ng tungkuling ito dahil sa kanilang rekomendasyon. Hinding-hindi palalampasin ng mga anticristo ang ganitong pagkakataon. Iniisip nila na, “Kahit na nirekomenda kita, ako pa rin ang lider mo, kaya’t hindi mo ako mahihigitan.” Malinaw na malinaw ang pagkahilig ng mga anticristo sa katayuan at reputasyon. Upang makipagkompetensiya para sa katayuan at maprotektahan ito, hindi nila pinalalampas ang kahit isang sulyap o isang disinasadyang salita mula sa sinuman, lalo na ang anumang bagay na nangyayari sa alinmang sulok. Napapansin ng mga anticristo ang lahat ng bagay na ito, malaki man o maliit, at paulit-ulit na naglalaro sa kanilang isipan ang mga salitang sinabi ng ibang tao. Ano ang pakay nila sa paggawa nito? Nasisiyahan ba sila sa pakikipagtsismisan? Hindi; ito ay dahil gusto nilang makahanap sa lahat ng ito ng paraan at pagkakataon para maprotektahan ang kanilang katayuan. Ayaw nilang magdusa ng mga kawalan ang kanilang katayuan o pangalan dahil sa pansamantalang kapabayaan o kawalan ng pag-iingat. Alang-alang sa katayuan, natutunan nila kung paano magkaroon ng “kabatiran” sa lahat ng bagay; sa tuwing may sinasabi ang isang kapatid na pakiramdam nila ay walang galang o nagpapahayag ng opinyong sumasalungat sa kanilang sariling opinyon, hindi nila ito pinalalampas; sineseryoso nila ito, detalyadong nagsasaliksik at malalim na nagsusuri, at pagkatapos ay naghahanap sila ng naaayong tugon para harapin ang sinabi ng kapatid, hanggang sa punto na matibay na naitatag ang kanilang katayuan sa isipan ng lahat at lubos na hindi ito matitinag. Sa sandaling masira ang kanilang pangalan o makarinig sila ng ilang salita na makakapinsala rito, agad nilang susubaybayan ang pinagmulan at susubukang maghanap ng mga dahilan at paliwanag para matubos ang kanilang sarili. Samakatwid, anuman ang tungkuling ginagawa ng mga anticristo, hindi mahalaga kung mga lider at manggagawa man sila o hindi, ang bawat bagay na pinagkakaabalahan nila at ang bawat salitang binibigkas nila ay para sa kanilang katayuan, at hindi puwedeng ihiwalay sa pagnanais nila na maprotektahan ang kanilang mga interes. Sa kaibuturan ng puso ng mga anticristo, wala silang anumang konsepto ng pagsasagawa sa katotohanan o ng pagprotekta sa mga interes ng sambahayan ng Diyos. Samakatwid, ang diwa ng mga anticristo ay tumpak na mabibigyang-depinisyon bilang ang sumusunod: Sila ay mga kaaway ng Diyos; sila ay isang grupo ng mga diyablo at Satanas na pumarito para manggulo, manggambala, at

mangwasak sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Sila ay mga alipin ni Satanas; hindi sila mga tao na sumusunod sa Diyos, ni mga miyembro ng sambahayan ng Diyos, ni hindi sila mga tao na tagatanggap ng pagliligtas ng Diyos.

Naantig ba kayo sa alinman sa pinagbahaginan natin ngayon? Aling bahagi ang umantig sa inyo? (Ang huling bahagi, iyon ay nang hinimay-himay ng Diyos ang mapagkompetensiyang kalikasan ng mga anticristo.) Hindi maganda na palaging nakikipagkompetensiya. Ang pag-uugaling ito ay nauugnay sa mga anticristo at sa pagkawasak. Hindi ito isang mabuting landas. Ano ang dapat gawin ng mga tao kapag mayroon sila ng mga pagpapamalas at pagbubunyag na ito? Ano ang dapat nilang gawin na pagpili? Paano nila dapat iwasan ang mga bagay na ito? Ito ang mga problemang dapat na pinakapinag-iisipan at pinakapinagninilay-nilayan ng mga tao ngayon, at ang mga ito rin ay mga problemang nakakaharap ng mga tao sa bawat araw. Kung paano nila maiiwasang makipagkompetensiya kapag nangyayari ang mga bagay-bagay, at kung paano nila dapat lutasin ang pasakit at pagkabalisa sa kanilang puso pagkatapos nilang makipagkompetensiya—ito ay isang problema na dapat harapin ng bawat tao. Ang mga tao ay may mga tiwaling disposisyon, kaya nakikipagkompetensiya silang lahat para sa katanyagan, pakinabang, at dangal, at mahirap para sa kanila na umiwas sa pakikipagkompetensiya. Kaya, kung hindi nakikipagkompetensiya ang isang tao, ibig bang sabihin nito ay naalis na niya ang disposisyon at diwa ng mga anticristo? (Hindi, ito ay isang panlabas lang na pangyayari. Kung hindi nalutas ang kanilang panloob na disposisyon, kung gayon ay hindi malulutas ang problema ng kanilang pagtahak sa landas ng mga anticristo.) Kaya, paano malulutas ang problema ng kanilang pagtahak sa landas ng mga anticristo? (Sa isang aspekto, dapat nilang maunawaan ang usaping ito, at dapat silang lumapit sa Diyos para magdasal kapag nagbubunyag sila ng mga kaisipan na magsumikap para sa katayuan. Dagdag pa rito, dapat nilang ilantad ang kanilang sarili sa mga kapatid, at pagkatapos ay sadya silang maghimag sik laban sa mga di-wastong kaisipang ito. Dapat din nilang hilingin sa Diyos na hatulan, kastiguhin, pungusan, at disiplinahin sila. Pagkatapos, magagawa na nilang tumahak sa tamang landas.) Napakagandang sagot niyan. Gayumpaman, hindi ito madaling makamit, at mas lalong mahirap ito para sa mga taong mahal na mahal ang reputasyon at katayuan. Hindi madaling talikuran ang reputasyon at katayuan—makakamit lang ito ng mga tao sa pamamagitan ng paghahangad sa katotohanan. Sa pag-unawa lamang sa katotohanan makikilala ng isang tao ang kanyang sarili, makikita nang malinaw ang kahungkagan ng paghahangad ng kasikatan, pakinabang, at katayuan, at makikita nang malinaw ang katotohanan ng katiwalian ng sangkatauhan. Saka lamang matatalikuran ng isang tao ang katayuan at reputasyon kapag tunay na niyang nakilala ang kanyang sarili. Hindi madaling iwaksi ang sariling tiwaling disposisyon. Kung inaamin mo na wala sa iyo ang katotohanan, na marami kang kakulangan, at nagbubunyag ka ng masyadong maraming katiwalian, subalit hindi mo sinisikap na hangarin ang katotohanan, at nagpapanggap at nagpapaimbabaw ka, na pinaniniwala mo ang mga tao na kaya mong

gawin ang anumang bagay, ilalagay ka nito sa panganib—sa malao't madali, darating ang panahon na makakasalubong ka ng mga balakid at ikaw ay babagsak. Kailangan mong aminin na wala sa iyo ang katotohanan, at buong tapang mong harapin ang realidad. Mayroon kang mga kahinaan, nagbubunyag ka ng katiwalian, at lahat ng uri ng kakulangan ay nasa iyo. Normal lang ito, dahil isa kang karaniwang tao, hindi ka superhuman o may walang-hanggang makapangyarihan, at kailangan mong kilalanin iyan. Kapag hinahamak o tinutuya ka ng ibang mga tao, huwag kaagad tumugon nang may pagkasuklam dahil lamang sa hindi kaaya-aya ang sinasabi nila, o tumutol dito dahil naniniwala kang mayroon kang kapabilidad at perpekto ka—hindi dapat ganito ang iyong saloobin sa gayong mga salita. Ano ang dapat na maging saloobin mo? Dapat mong sabihin sa iyong sarili, “May mga pagkakamali ako, tiwali at may kapintasan ang lahat ng bagay tungkol sa akin, at isang ordinaryong tao lamang ako. Anuman ang kanilang paghamak at panunuya sa akin, may katotohanan ba rito? Kung parte ng sinasabi nila ay totoo, dapat ko itong tanggapin mula sa Diyos.” Kung may ganito kang saloobin, katunayan ito na kaya mong tratuhin nang tama ang katayuan, reputasyon, at mga sinasabi ng ibang tao patungkol sa iyo. Hindi madaling isantabi ang katayuan at reputasyon. Para sa mga taong medyo may kaloob, medyo mahusay ang kakayahan, o nagtataglay ng kaunting karanasan sa gawain, mas mahirap isantabi ang mga bagay na ito. Bagama't minsan ay sinasabi nila na isinantabi na nila ang mga ito, hindi nila magawa ang mga ito sa kaibuturan ng puso nila. Sa sandaling pinahihintulutan ng sitwasyon at mayroon silang pagkakataon, magpapatuloy silang magsumikap para sa kasikatan, pakinabang, at katayuan gaya ng dati, dahil mahal ng lahat ng tiwaling tao ang mga bagay na ito, sadyang medyo mas mahina lang ang pagnanais ng mga walang kaloob o talento na maghangad ng katayuan. Ang mga may taglay na kaalaman, talento, magandang hitsura, at espesyal na kapital, ay talagang may matinding pagnanais para sa reputasyon at katayuan, hanggang sa puntong puno na sila ng ambisyon at pagnanais na ito. Ito ang pinakamahirap para sa kanila na isantabi. Kapag wala silang katayuan, ang pagnanais nila ay nasa yugtong nag-uumpisa pa lamang. Kapag nagkaroon na sila ng katayuan, kapag pinagkakatiwalaan na sila ng sambahayan ng Diyos ng ilang mahahalagang gampanin, at lalo na kung nakapagtrabaho na sila nang maraming taon at malawak na ang kanilang karanasan at malaki na ang kanilang kapital, ang pagnanais ay hindi ngayon lang sumisibol, kundi nag-ugat na ito, namukadkad, at malapit nang magbunga. Kung ang isang tao ay palaging may pagnanais at ambisyon na gumawa ng mga dakilang bagay, maging sikat, maging isang dakilang tao, kung gayon, sa sandaling gumawa siya ng malaking kasamaan, at magkaroon ng epekto ang mga kahihinatnan nito, ganap na magiging katapusan na niya, at siya ay matitiwalag. Kaya, bago pa ito humantong sa malaking kalamidad, dapat niyang baligtarin kaagad ang sitwasyon habang may oras pa. Sa tuwing ginagawa mo ang anumang bagay, at sa anumang konteksto, dapat mong hanapin ang katotohanan, isagawa ang pagiging isang taong matapat at masunurin sa Diyos, at isantabi ang paghahangad ng katayuan

at reputasyon. Kapag palagi kang nag-iisip at nagnanais na makipagkompetensiya para sa katayuan, kailangan mong matanto kung anong masasamang kahihinatnan ang kahahantungan ng ganitong uri ng kalagayan kung hindi ito malulutas. Kaya huwag magsayang ng oras, hanapin ang katotohanan, sugpuin ang pagnanais mo na makipagkompetensiya para sa katayuan habang nag-uumpisa pa lang ito, at palitan ito ng pagsasagawa sa katotohanan. Kapag isinasagawa mo ang katotohanan, mababawasan ang iyong pagnanais at ambisyon na makipagkompetensiya para sa katayuan, at hindi ka manggugulo sa gawain ng iglesia. Sa ganitong paraan, matatandaan at sasang-ayunan ng Diyos ang iyong mga ginawa. Kaya ano ang sinusubukan Kong bigyang-diin? Ito iyon: Dapat alisin mo sa iyo ang mga pagnanais at ambisyon mo bago mamulaklak at magbunga ang mga ito at mauwi sa matinding kalamidad. Kung hindi mo lulutasin ang mga ito habang maaga pa, mapapalampas mo ang isang magandang oportunidad; at sa sandaling nauwi na ang mga ito sa matinding kalamidad, huli na ang lahat para lutasin ang mga ito. Kung wala ka man lang determinasyon para maghimagsik laban sa laman, magiging napakahirap para sa iyo na makatungtong sa landas ng paghahangad sa katotohanan; kung may nasasagupa kang mga dagok at kabiguan sa paghahangad mo ng kasikatan, pakinabang, at katayuan, at hindi ka natatauhan, mapanganib ito: May posibilidad na matitiwalag ka. Kapag naharap ang mga nagmamahal sa katotohanan sa isa o dalawang kabiguan at dagok pagdating sa kanilang reputasyon at katayuan, malinaw nilang nakikita na wala talagang anumang halaga ang kasikatan, pakinabang, at katayuan. Nagagawa nilang lubos na talikuran ang katayuan at reputasyon, at pagpasyahan na, kahit hindi sila kailanman nagtataglay ng katayuan, patuloy pa rin nilang hahangarin ang katotohanan at gagampanan nang maayos ang kanilang tungkulin, at ibabahagi ang kanilang patotoong batay sa karanasan, at nang sa gayon ay matamo ang resulta ng pagpapatotoo sa Diyos. Kahit mga ordinaryong tagasunod sila, may kakayahan pa rin silang sumunod hanggang wakas, at ang tanging gusto nila ay matanggap ang pagsang-ayon ng Diyos. Ang mga taong ito lamang ang tunay na nagmamahal sa katotohanan at may determinasyon. Marami nang anticristo at masasamang tao ang naitiwalag ng sambahayan ng Diyos, at ang ilang naghahangad sa katotohanan, matapos makita ang kabiguan ng mga anticristo, ay nagninilay-nilay sa landas na tinahak ng mga taong iyon, at pinagninilay-nilayan din nila at kinikilala ang kanilang sarili. Mula rito, nagkakamit sila ng pagkaunawa tungkol sa layunin ng Diyos, nagpapasya na maging mga ordinaryong tagasunod, at nagtutuon sa paghahangad sa katotohanan at paggampanan nang maayos sa kanilang tungkulin. Kahit pa sinasabi ng Diyos na sila ay mga tagapagserbisyo o mabababang tao na walang kabuluhan, ayos lang sa kanila. Susubukan lang nilang maging mabababang tao, maliit at hamak na mga tagasunod sa mga mata ng Diyos, na sa huli ay tatawagin ng Diyos na mga pasok sa pamantayan na nilikha. Ang mga taong tulad nito ang mabubuti at sila ang mga sinasang-ayunan ng Diyos.

Gusto ng Diyos ang mga taong naghahangad sa katotohanan, at ang pinakakinapopootan Niyang ginagawa ng mga tao ay ang paghahangad ng kasikatan, pakinabang, at katayuan.

Talagang itinatangi ng ilang tao ang katayuan at reputasyon, masyadong mahilig sa mga iyon, hindi maatim na isuko ang mga iyon. Pakiramdam nila palagi ay walang kagalakan o pag-asa sa buhay kapag walang katayuan at reputasyon, na may pag-asa lang sa buhay na ito kapag nabubuhay sila para sa katayuan at reputasyon, at kahit may kaunti silang kabantugan ay patuloy silang makikipaglaban, hinding-hindi sila susuko. Kung ito ang kaisipan at pananaw mo, kung puno ng gayong mga bagay ang puso mo, wala kang kapabilidad na mahalin at hangarin ang katotohanan, wala kang tamang direksyon at mga pakay sa iyong pananalig sa Diyos, at wala kang kapabilidad na hangarin ang pagkakilala sa sarili mo, iwaksi ang katiwalian at isabuhay ang wangis ng tao; sadya mong binabalewala ang mga problema kapag ginagawa mo ang iyong tungkulin, wala kang anumang pagpapahalaga sa responsabilidad, at nasisiyahan ka lang sa hindi paggawa ng kasamaan, hindi pagsasanhi ng kaguluhan, at hindi mapaalis. Magagawa ba ng gayong mga tao ang kanilang tungkulin sa paraang pasok sa pamantayan? At maaari ba silang iligtas ng Diyos? Imposible. Kapag kumikilos ka alang-alang sa reputasyon at katayuan, iniisip mo pa nga na, “Hangga’t hindi isang masamang gawa ang ginagawa ko at hindi ito nakakagulo, kahit mali ang motibo ko, walang makakakita niyon o magkokondena sa akin.” Hindi mo alam na sinisiyasat nang mabuti ng Diyos ang lahat. Kung hindi mo tinatanggap o isinasagawa ang katotohanan, at itinataboy ka ng Diyos, tapos na ang lahat para sa iyo. Iniisip ng lahat ng walang may-takot-sa-Diyos na puso na matalino sila; sa katunayan, ni hindi nila alam kung kailan sila sumalungat sa Kanya. Hindi nakikita nang malinaw ng ilang tao ang mga bagay na ito; iniisip nila, “Hinahangad ko lang ang reputasyon at katayuan upang mas marami akong magawa, para makatanggap ako ng higit pang responsabilidad. Hindi ito nakakagambala o nakakagulo sa gawain ng iglesia, at lalong hindi nito pinipinsala ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Hindi ito malaking problema. Sadyang mahal ko ang katayuan at pinoprotektahan ko ang aking katayuan, pero hindi masamang gawa iyon.” Sa panlabas, maaaring hindi mukhang masamang gawa ang gayong hangarin, pero saan humahantong iyon sa huli? Makakamit ba ng gayong mga tao ang katotohanan? Makakamtan ba nila ang kaligtasan? Talagang hindi. Samakatwid, ang paghahangad ng reputasyon at katayuan ay hindi ang tamang landas—kabaligtaran mismo ng paghahangad sa katotohanan ang direksyong iyon. Sa kabuuan, anuman ang direksyon o layon ng iyong hangarin, kung hindi ka nagninilay tungkol sa paghahangad ng katayuan at reputasyon, at kung nahihirapan kang isantabi ito, maaapektuhan niyon ang iyong buhay pagpasok. Hangga’t may puwang ang katayuan sa puso mo, ganap itong magkakaroon ng kapabilidad na kontrolin at impluwensiyahan ang direksyon ng buhay mo at ang layon ng paghahangad mo, kaya nga magiging napakahirap sa iyo na pumasok sa katotohanang realidad, maliban pa sa mahihirapan kang baguhin ang iyong disposisyon; makamit mo man sa bandang huli ang pagsang-ayon ng Diyos, siyempre pa, ay hindi na kailangang sabihin pa. Bukod pa ryan, kung hindi mo kailanman magawang isuko ang paghahangad mo ng katayuan, maaapektuhan nito ang abilidad

mong gawin ang iyong tungkulin sa paraan na pasok sa pamantayan, kaya talagang mahihirapan kang maging isang nilikha na pasok sa pamantayan. Bakit Ko sinasabi ito? Wala nang higit pang kinapopootan ang Diyos kundi kapag naghahangad ang mga tao ng katayuan, dahil ang paghahangad ng katayuan ay isang satanikong disposisyon, isa itong maling landas, bunga ito ng katiwalian ni Satanas, isa itong bagay na kinokondena ng Diyos, at ito mismo ang bagay na hinahatulan at dinadalisa ng Diyos. Wala nang higit pang kinapopootan ang Diyos kundi kapag naghahangad ang mga tao ng katayuan, pero nagmamatigas ka pa ring nakikipagkompetensiya para sa katayuan, walang sawa mo itong iniingatan at pinoprotektahan, at laging sinusubukang makuha ito para sa iyong sarili. Hindi ba't ang lahat ng ito ay antagonistiko sa Diyos? Hindi inorden ng Diyos ang katayuan para sa mga tao; ipinagkakaloob ng Diyos sa mga tao ang katotohanan, ang daan, at ang buhay, para sa huli ay maging isang nilikha sila na pasok sa pamantayan, isang maliit at hamak na nilikha—hindi isang tao na may katayuan at katanyagan at iginagalang ng libo-libong tao. Kung kaya, saanmang perspektiba ito tingnan, walang kahahantungan ang paghahangad ng katayuan. Gaano man kamakatwiran ang iyong pagdadahilan para maghangad ng katayuan, mali pa rin ang landas na ito, at hindi ito sinasang-ayunan ng Diyos. Gaano ka man magpakahirap o gaano man kalaki ang halagang bayaran mo, kung nagnanais ka ng katayuan, hindi ito ibibigay sa iyo ng Diyos; kung hindi ito ibinibigay ng Diyos, mabibigo ka sa pakikipaglaban para matamo ito, at kung patuloy kang makikipaglaban, isa lamang ang kalalabasan nito: Mabubunyag at matitiwalag ka, at mauuwi ka sa walang kahahantungan. Nauunawaan mo ito, hindi ba?

Marso 7, 2020

**Ikasiyam na Aytem: Ginagawa Nila ang Kanilang
Tungkulin Para Lang Maging Tanyag Sila at
Maisakatuparan ang Kanilang Sariling mga Interes
at Ambisyon; Hindi Nila Kailanman Isinasaalang-alang
ang mga Interes ng Sambahayan ng Diyos,
at Ipinagkakanulo Pa nga ang mga Interes na Iyon,
Ipinagpapalit ang mga Iyon Para sa Kanilang
Personal na Kaluwalhatian (Ikaapat na Bahagi)**

II. Ang mga Interes ng mga Anticristo

Ngayon, ipagpapatuloy natin ang pagbabahaginan tungkol sa paksang tinalakay natin noong huling pagtitipon. Noong huli, nagbahaginan tayo tungkol sa ikalawang seksiyon ng mga interes ng mga anticristo sa loob ng ikasiyam na aytem ng iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo. Sa seksiyong ito, nagbahaginan tayo tungkol sa sarili nilang reputasyon at katayuan, tama ba? (Tama.) Gunitain ninyo at bigyan ninyo Ako ng halos tumpak na buod. Ilang punto ang pangunahin nating pinagbahaginan tungkol sa sariling reputasyon at katayuan ng mga anticristo? (Nagbahagi ang Diyos tungkol sa dalawang punto noong nakaraan. Ang una ay ang saloobin ng mga anticristo tungkol sa pagpupungos. Ang mga anticristo ay hindi kailanman tatanggap sa pagpupungos o magpapasakop dito, hindi rin nila ito tatanggapin bilang ang katotohanan. Ang ikalawa ay kung paano pinoprotektahan ng mga anticristo ang kanilang reputasyon at katayuan sa isang grupo ng mga tao at kung anong mga pagpapamalas ang mayroon sila. Ang diwa ng mga anticristo ay pakikipagkompetensiya, at kailangan nilang makipagkompetensiya para sa kanilang reputasyon at katayuan.) Kaya, ipagpapatuloy natin ang pagbabahaginan tungkol dito ngayon. Anong takdang-aralin ang ibinigay Ko sa inyo noong nakaraan? Ano ang sinabi Ko sa inyo na pagnilayan at pagbahaginan pagkatapos ng ating pagtitipon? Natatandaan ba ninyo? (Sinabihan kami ng Diyos na ikumpara ang aming sarili batay sa pagbabahaginan at paghihimay ng mga pagpapamalas ng mga anticristo upang makita kung alin sa mga disposisyon ng mga anticristo ang taglay namin, at upang makita kung alin sa mga kalikasan ng mga anticristo ang sinasandalan namin sa paggawa ng mga bagay-bagay.) Ito ang pangunahing paksa. Tungkol saan ang maliit na paksa? (Tungkol ito sa kung aling mga pakikipagkompetensiyang kalikasan ang ipinapakita ng mga anticristo habang pinangangalagaan ang kanilang reputasyon at katayuan, at ikinukumpara ang aming sarili sa mga ito para makita kung paano namin ito ibinubunyag sa aming tunay na buhay, at kung paano namin ginagawa ang mga bagay-bagay, kung ano ang sinasabi namin, at kung ano ang ginagawa namin alang-alang sa reputasyon at katayuan, at kung aling mga pagpapamalas ng pakikipag-agawan sa mga kapatid para sa kasikatan at pakinabang ang ipinapakita namin para

mapangalagaan ang aming katayuan.) May iba pa bang makapagdadagdag dito? (Sinabi sa amin ng Diyos na huwag laging pag-usapan kung anong klase ang ibang tao habang nagbabahaginan tungkol sa mga pagpapamalas na ito ng mga anticristo, sa halip, dapat naming ikumpara ang aming sarili sa mga ito at pagbahaginan kung aling mga disposisyon at pagbubunyag ang mayroon kami na katulad ng sa mga anticristo.) Iyan na halos ang lahat. Ano ang kasabihan tungkol sa kung paano kumikilos ang mga anticristo sa isang grupo ng mga tao na pinagbahaginan natin noong nakaraan? Hindi ba't nag-iwan ito ng impresyon sa inyo? (Ang kasabihan nila ay, "Kailangan kong makipagkompetensiya! Makipagkompetensiya! Makipagkompetensiya!") Naaalala ninyo ito. Paanong naaalala ninyo ito? (Dahil ang kasabihang ito ng mga anticristo na sinabi ng Diyos, "Kailangan kong makipagkompetensiya! Makipagkompetensiya! Makipagkompetensiya!" ay isang bagay na madalas kong ipinapamalas at ibinubunyag. At saka, ang tono ng pakikipagbahaginan ng Diyos ay buhay na buhay, at tumutugma sa kalagayan ng puso ko ang paraan ng pagpapahayag ng Diyos sa mga salitang ito, kaya't nag-iwan ito ng medyo malalim na impresyon sa akin.) Minsan, kapag nagbabahagi Ako at naghihimay tungkol sa iba't ibang pagpapamalas at iba't ibang uri ng kalikasang diwa ng mga anticristo, gumagamit Ako ng pang-araw-araw na wika, pati na rin ng partikular na tono at pamamaraan na madaling tanggapin ng mga tao, at nag-iwan ng malalim na impresyon sa mga tao, at gumagamit din Ako ng ilang halimbawa na medyo malapit sa totoong buhay. Nakatutulong talaga ang ginagawa Kong ito na makilala ng mga tao ang diwa ng mga anticristo at makilala nila ang kanilang sarili. Kapaki-pakinabang din ito sa mga tao na makilala ang kanilang sarili at maranasan ang mga salita ng Diyos sa kanilang tunay na buhay, at mas nakakabuti pa nga sa kanila na baguhin ang ganitong uri ng disposisyon ng mga anticristo, hindi ba? (Tama.) Nagbigay kayo ng halos tumpak na paggunita sa nakaraang pagbabahaginan, pero lampas pa sa mga bagay na ito ang mga detalye—marami pang ibang detalye. Dapat kayong bumuo ng buod pagkatapos makinig sa isang pagbabahaginan. Sa pinakamababa, pagkatapos makinig sa isang pagbabahaginan, dapat kayong magtipon-tipon at makinig muli rito nang ilang beses, at pagkatapos ay makakagawa ang lahat ng buod nang sama-sama. Pagkatapos makinig sa inyong mga paggunita at pagbubuod ng ating nakaraang pagbabahaginan, masasabi Ko na medyo kinalawang na ito sa inyo, para bang pinakinggan ninyo ang pagbabahaginan nang isa o dalawang taon na ang nakalipas at wala itong iniwang impresyon sa inyo. Maaaring may naiwan sa inyo na kaunting konsepto at impresyon tungkol sa isang seksiyon, isa o dalawang pangungusap, o isa o dalawang usapin, pero tila karamihan sa mga tao ay walang konsepto o impresyon ng higit pang kaalaman sa diwa at paghihimay sa paglalantad ng mga anticristo. Kaya, kailangan ninyong higit na magnilay-nilay at magbahaginan sa inyong sarili tungkol sa mga usaping tinalakay natin. Huwag lang makinig sa mga ito at pagkatapos ay isantabi ang mga ito nang hindi man lang sineseryoso ang mga ito. Kung gagawin ninyo iyon, magiging masyadong mabagal ang inyong pagpasok sa katotohanan—hindi puwedeng

hindi pagninilay-nilayan ang mga sermong ito! Kaya, paano kayo nakikipagtulungan nang naayon sa mga sermon na ito sa inyong buhay iglesia? Nagbabahaginan ba kayo tungkol sa mga sermong ito sa inyong mga pagtitipon kada linggo? O nakikinig ba kayo sa mga pinakabagong sermon at pagbabahaginan nang maraming beses, nang sa gayon ay magkaroon ang karamihan sa inyo ng impresyon at malalim na kaalaman tungkol sa mga ito, at pagkatapos ay maunawaan ang katotohanan sa pamamagitan ng mga ito? Ginagawa ba ninyo ito? (O Diyos, sa mga pagtitipon namin kada linggo, kumakain at umiinom muna kami ng mga pinakabagong pagbabahagi ng Diyos.) Dapat akuin ng mga lider ng iglesia, mga mangangaral, at ng mga namamahala sa buhay iglesia sa mga grupo ng mga tagapagpasya ang responsabilidad para dito; sa ganitong paraan lamang magagawa nang maayos ang gawain ng iglesia.

C. Pagpapakana Para sa Sarili Nilang mga Pakinabang

1. Paglulustay sa mga Pag-aari ng Sambahayan ng Diyos

Ngayon, magbabahaginan tayo tungkol sa ikatlong seksiyon ng mga interes ng mga anticristo—ang mga pakinabang. Ano ang mga pakinabang? (Pagtanggap ng mga pagpapala, at mga interes.) Napakasimpleng paliwanag nito; ito ang literal na kahulugan. Dagdagan pa ito nang kaunti—ano ang mga pakinabang? (Ang mga ito ang mga materyal at di-materyal na interes, mga kanais-nais na bagay, at mga kaginhawahan na matatanggap ng mga tao mula sa paggawa ng kanilang tungkulin o mula sa pagtatrabaho sa mundo.) Tama ang paliwanag na ito. Ang mga pakinabang ay mga uri ng magandang pagtrato na natatanggap ng mga tao bukod pa sa kanilang sahod, at kabilang dito ang mga bagay gaya ng mga pang-araw-araw na pangangailangan, pagkain, o mga kupon. Tumutukoy rin ang mga ito sa mga kaginhawahan at materyal o di-materyal na pagtrato na nakukuha ng isang tao habang ginagawa ang kanyang tungkulin; mga pakinabang ang lahat ng bagay na ito. Ngayong naipaliwanag Ko na ang ibig sabihin ng terminong ito, alam ba ninyong lahat ang mga saklaw, halimbawa, at pagpapamalas na pagbabahaginan natin sa seksiyong ito? Biglang sumasagi sa inyong isipan ngayon ang mga partikular na pag-uugali at kilos ng mga tao, pati na ang mga taong kayang gumawa ng mga bagay na ito, tama ba? Sino ang mga taong una ninyong naiisip? (Mga taong nagsasamantala sa kanilang katayuan para maging palamunin ng iglesia.) Isang uri ito ng tao. Ginagawa rin ng mga taong ito ang kanilang mga tungkulin. May katayuan ang ilan sa kanila, mga lider at manggagawa sila sa iba't ibang antas o mga superbisor, habang gumagawa naman ang iba ng mga ordinaryong tungkulin. Anong pagpapamalas ang pareho sa kanilang lahat? Habang ginagawa ang kanilang mga tungkulin, patuloy silang gumagawa ng ilang gawain at mga partikular na bagay para sa kanilang sariling laman, mga pamilya, at sariling kasiyahan. Araw-araw silang nagkukumahog at nagbabayad ng halaga, at ang bagay na laging iniisip nila ay kung anong mga kanais-nais na bagay ang matatamo nila sa pamamagitan ng paggawa ng gampaning ito o paggawa ng tungkuling ito. Palagi silang nagpaplano at nagkakalkula tungkol sa kung

anong mga kaginhawahan at espesyal na pagtrato ang makukuha nila mula rito. Sa sandaling malaman nila, gagawin nila ang lahat ng kinakailangan para makuha ang mga bagay na ito, at higit pa rito, siguradong hindi nila palalampasin ang anumang gayong pagkakataon para makuha nila ang mga kaginhawahan at interes na ito. Pagdating sa usaping ito, masasabing wala silang awa at walang damdamin, at siguradong hindi nila isinasaalang-alang ang kanilang sariling integridad at dignidad. Hindi sila natatakot na baka maging negatibo ang tingin sa kanila ng mga kapatid, at lalong hindi sila nag-aalala kung paano sila maaaring tasahin ng Diyos dahil dito. Ang ginagawa lang nila ay palihim na magnilay-nilay at magpakana kung paano samantalahin ang mga tungkuling ginagawa nila upang matamasa nila ang lahat ng kapaki-pakinabang na pagtratong maaari nilang makuha. Kaya, ang mga ganitong tao ay may isang uri ng kaisipan at argumento na, sa panlabas ay hindi maituturing na mali: “Ang sambahayan ng diyos ay pamilya ko, at ang pamilya ko ay sambahayan ng diyos; kung ano ang akin ay sa diyos, at kung ano ang sa diyos ay akin. Ang mga tungkulin ng mga tao ay mga responsabilidad nila, at ang lahat ng pakinabang na maaari nilang tamasahin mula sa kanilang mga tungkulin ay mga biyayang ipinagkaloob ng diyos; hindi maaaring tanggihan ng mga tao ang mga ito at dapat nilang tanggapin ang mga ito mula sa diyos. Kung hindi ko matatamo ang mga ito, iba ang magtatamo, kaya mas mabuti pang magpatuloy ako at tamasahin ko na ang mga pakinabang na ito at huwag nang magpanggap na mapagpakumbaba, at lalong hindi ko dapat mapagpakumbabang tanggihan ang anumang bagay. Kailangan ko lang pagsumikapan ang mga pakinabang na ito at iabot ang aking kamay para tanggapin ang mga ito nang may pusong mapagpasakop at tapat na saloobin.” Itinuturing nila ang mga gayong pakinabang bilang isang uri ng pagtrato na likas na nararapat sa kanila at na dapat nilang angkinin; katulad ito ng kapag ang isang tao ay nagtatrabaho at naglalaan ng oras at pagsusumikap, kaya pakiramdam niya na nararapat lang para sa kanya ang suweldo at kabayaranang natatanggap niya. Kaya, kahit na nilustay nila ang mga bagay na ito at natamo ang mga pakinabang na ito sa pamamagitan ng pagsusumikap para sa mga ito, hindi nila iyon itinuturing na mali o isang bagay na kamumuhian ng Diyos, lalong wala silang pakialam kung mayroong anumang uri ng opinyon tungkol sa kanila ang mga kapatid. Para bang ganap na tama at natural lang na gawin nila iyon, tinatamasa ng mga anticristo ang lahat ng bagay na ito, pinagsusumikapan nila ang mga bagay na ito, at higit pa rito, nagpapakana sila para sa lahat ng bagay na ito sa puso nila araw-araw. Ito ang karaniwang kalagayan ng mga anticristo habang ginagawa ang kanilang mga tungkulin, at ito rin ang karaniwang kalagayan ng mga anticristo na nagpapakana para sa kanilang mga pansariling interes habang ginagawa ang kanilang mga tungkulin. Kaya, ano ang mentalidad ng mga anticristo? “Habang ginagawa ng mga tao ang kanilang tungkulin, kailangang subukan nilang makakuha ng kapalit. Dahil tinalikuran ko ang aking pamilya para gawin ang tungkuling ito, at dahil ibinigay ko ang aking pagsusumikap, enerhiya, at oras para sa diyos at sa kanyang sambahayan, samakatwid, dapat kong matamasa ang lahat ng magagandang pagtrato na gusto ko.” Itinuturing ng

mga anticristo ang lahat ng ito bilang mga bagay na likas na nararapat para sa kanila, bilang mga bagay na dapat ipagkaloob ng Diyos sa mga tao nang hindi na nila kailangang pagsumikapan pa. Ito ang pananaw ng mga anticristo. Kaya, habang ginagawa ang kanilang tungkulin, palagi silang nagsusumikap para sa mga pakinabang, at palagi silang natatakot na may ibang makakuha ng isa sa mga pakinabang na iyon at kakaunti na lang ang matitira sa kanila. Ito ay isang kalagayan ng mga anticristo na gumagawa ng kanilang mga tungkulin. Saan nauuwi ang lahat ng kanilang intensiyon, motibo, at layon sa paggawa ng kanilang tungkulin? Nauuwi ang lahat ng ito sa kanilang pagpapakana na makuha nila ang lahat ng pakinabang, iniisip na kung hindi nila ito gagawin, magiging malalaking hangal lamang sila at mawawalan ng kabuluhan ang buhay. Ito ang mentalidad ng mga anticristo.

Paano man ilantad ng Diyos ang kalikasan ng mga anticristo o ang kanilang mga pagpapamalas ng hindi pagmamahal sa katotohanan, hindi sila susuko sa mga intensiyon at paghahangad nilang ito; patuloy silang nagsusumikap para sa mga pakinabang. Halimbawa, pagkatapos simulan ng ilang tao ang tungkulin ng pagpapatuloy sa bahay, bumibili ang iglesia o ang mga kapatid ng ilang pagkain o mga kagamitan o magbibigay pa nga ng pera para sa mga tahanang matutuluyan. Kung isang anticristo ang taong gumagawa ng tungkuling ito, ang mga kanais-nais na bagay na sinusubukan niyang makuha para sa sarili ay hindi kasingsimple ng isang posporo lang o maliit na kutsara. Sinasabi niya, “Ibinibigay ko ang aking tahanan para mag-host sa mga kapatid na ito, at nag-aalok ng serbisyo para sa kanila habang ginagawa nila ang kanilang mga tungkulin, kaya dapat lang na ibigay ng sambahayan ng diyos ang lahat ng materyales at pera. Ipinapagamit ko ang aking bahay at nagluluto ako para sa inyong lahat at sinisiguro ko ang inyong seguridad; malaking bagay na iyon. Tungkol naman sa iba pa—ang inyong kinakain, iniinom, at ginagamit—dapat ibinibigay ito ng iglesia.” Hindi naman talaga mali na ibibigay ng iglesia ang mga bagay na ito, pero ang nais Kong ibahagi rito ay ang pagkakaiba sa pagitan ng kung paano ginagawa ng mga anticristo ang tungkulin na pagpapatuloy sa bahay at kung paano taos-pusong ginagawa ng ibang mga tao ang tungkuling ito. Kapag gumagawa ang mga anticristo ng tungkulin ng pagpapatuloy sa bahay, hindi dapat husgahan ang kilos na ito batay sa ipinapakita nito; mayroon silang mga nakatagong motibo. Iniisip nila, “Ginagawa ko itong tungkulin ng pagpapatuloy sa bahay, kaya kailangan kong magpakana para may makuha ako mula rito. Nagbibigay ang iglesia ng ilang pagkain at ng iba pang mga pangangailangan, kaya kailangang kainin ng mga kapamilya ko ang pagkaing iyon kasama ang mga kapatid at gamitin din ang lahat ng bagay na iyon kapag gusto nila. Parte ng sambahayan ng diyos ang pamilya ko, kaya, ang pag-aari ng sambahayan ng diyos ay pag-aari din ng pamilya ko.” Ito ang saloobin ng mga anticristo sa paggawa ng kanilang mga tungkulin, hindi ba? (Oo.) Samakatwid, kapag sinimulang gawin ng ilang tao ang tungkulin ng pagpapatuloy sa bahay, nagsisimulang magbago ang kanilang puso, palagi silang nag-iisip tungkol sa mga materyal na bagay at pera na ginagamit para sa pagpapatuloy sa mga kapatid, at

kung walang tumitingin nang maigi sa mga bagay na ito, dumating na ang pagkakataon para sa mga anticristong ito na makakuha ng ilang pakinabang. Anong uri ng pagkakataon? Palihim silang magkakalkula, “Ganito kalaki ang nagagastos ng isang tao sa isang araw, kaya kung magkano man ang natitirang pera, hindi ko na isasauli sa iglesia; akin na lang ito. Kahit papaano, ito ay pera na kinita ko, kaya hindi ako masisisi ng sinuman kung aangkinin ko ito; siyempre, nararapat lang ito para sa akin!” Pagkatapos, ibubulsa nila ang natitirang pera. Maghahanap ang ilang anticristo ng iba’t ibang uri ng palusot para maangkin nila ang ilang materyal na bagay na idinonate ng mga kapatid o ibinigay ng sambahayan ng Diyos. Sa ilang lugar, kapag tumirang muli ang mga kapatid doon, wala na ang kutson sa kama, wala na ang mga unan at kumot, wala na ang lahat ng karne at gulay, at kapag tinatanong nila ang kanilang mga host tungkol dito, sinasabi ng mga anticristong ito na, “Kapag matagal mong inimbak ang mga pagkain, hindi na ito magiging masarap, kaya kinain na namin ang mga iyon.” Hindi ba’t sakim ang mga taong ito? (Oo.) Sa sandaling ang mga materyal na bagay na ibinigay ng sambahayan ng Diyos, pati na rin ang mga bagay na binili ng mga kapatid para sa mga tahanang matutuluyan, ay napasailalim sa kontrol ng mga anticristong ito, nagiging kanila ang mga bagay na ito; ginagamit o kinakain nila ang mga ito ayon sa kagustuhan nila, o direktang itinuturing pa nga nila ang mga ito bilang kanilang sariling pag-aari at itinatago ang mga ito. Kapag bumabalik doon ang mga kapatid, hindi na nila nakikita ang mga bagay na ito. Kung kailangan ng iglesia na gamiting muli ang mga tirahang ito ng mga anticristo, kailangan nitong gumastos ng pera para muling bilhin ang mga bagay na iyon, at kailangan na namang dalhin ng mga kapatid ang mga bagay na iyon sa bahay ng mga anticristo. Natutuwa ang mga anticristo sa nakikita nilang ito, iniisip nila, “Talagang magandang manampalataya sa diyos! Hindi ako magiging mayaman nang ganito kabilis kung iba ang ginagawa ko; ito ang pinakamaginhawang paraan sa ngayon para makakuha ng mga bagay-bagay. Bukod pa rito, walang maglalakas-loob na magsumbong sa mga pulis na nawawala ang mga gamit na ito ng iglesia; kung susubukan mo nga akong isumbong, ikaw ang una kong isusumbong! Kaya ang magagawa mo lang ay manahimik at tanggapin ito, wala kang mapagsusumbungan tungkol dito. Naangkin ko na ang mga bagay na ito at kinain ang pagkaing ito. May magagawa ka ba sa akin? Walang kinikilingan ang diyos. Ibinibigay ko ang bahay ko para sa pagpapatuloy sa mga kapatid, kaya iyon ang naiambag ko, at tatandaan ako ng diyos dahil dito. Ano ang ikakatakot ko kung kukuha ako nang kaunti? Nararapat lang ito para sa akin! Ano ang ikatatakot sa pagkain nang kaunti sa pagkaing ito? Ano, kayo lang ang may karapatang kumain nito pero ako hindi? Mga miyembro kayo ng sambahayan ng diyos, pero hindi ba’t miyembro din ako? Hindi lang ako makikinabang sa sitwasyon, sadyang kakainin ko ang mga bagay na ito nang mag-isa!” Ito ang saloobin ng mga anticristo sa kanilang mga tungkulin. Sa paggawa ng kanilang mga tungkulin, layon nilang makuha ang mga bagay na ito, at itinuturing nila ang mga ito bilang mga pinakamalaking pakinabang, sinasabi nila, “Ito ang pinakamalaking biyayang ipinagkaloob ng diyos; wala nang mas kongkreto

kaysa sa biyayang ito, at wala nang mas tunay at mas malinaw na kapaki-pakinabang kaysa sa pagpapalang ito. Napakaganda talaga nito! Sinasabi ng lahat na ang pananampalataya sa diyos ay nangangahulugang ‘tumanggap ng isang daang beses sa buhay na ito at ng walang-hanggang buhay sa mundong darating’; tinutupad nito ang kasabihang iyon. Pauna ko ngayong natitikman ang pagpapalang ito. Talagang biyaya ito ng diyos!” Kaya naman, wala man lang pag-aalinlangan ang mga anticristo sa pag-aangkin ng mga bagay na pagmamay-ari ng sambahayan ng Diyos, at walang awa nilang kinukuha ang mga ito para sa sarili nila. Paano itinuturing ng mga anticristo ang mga ari-ariang ito ng sambahayan ng Diyos? Itinuturing nila ang mga ito na parang pampublikong pag-aari sa mundong walang pananampalataya; sakim silang lahat, gusto nilang lahat na angkinin ang mga gamit ng sambahayan ng Diyos para sa sarili nila, at gayumpaman, naniniwala pa rin sila na ang mga ito ay ang biyaya at mga pagpapalang nararapat nilang matamasa dahil sa paggawa nila ng kanilang mga tungkulin. Dagdag pa rito, hindi sila kailanman nakakaramdam ng pagsisisi o kahihyan tungkol dito, hindi rin nila nakikilala ang kanilang sariling kabuktutan o kawalan ng integridad. Lalo pa ngang nagiging sakim at ambisyoso ang ilan sa mga anticristong ito. Habang ginagawa ang kanilang tungkulin ng pagpapatuloy sa bahay, hindi nila kailanman nararamdaman na kamumuhian ng Diyos ang kanilang mga kilos o na sasalungatin ng kanilang mga kilos ang Diyos. Sa halip, patuloy lang silang nagkakalkula at nagkukumpara sa kanilang isipan, iniisip nila, “Nagpatuloy sa bahay ang pamilyang iyon at nakakuha sila ng mga gamit na iyon. Kung patutuluyin ko rin sa bahay ang mga taong iyon, nararapat lang na mapasaakin ang mga gamit na iyon. Mas namumuhay nang komportable kaysa sa akin ang nagpapatuloy sa bahay na iyon, at mas masarap din ang kinakain nila. Bakit hindi ako nakapanamantala nang ganoon din?” Nagkakalkula at nakikipag-agawan din sila para sa mga bagay na ito. Sa sandaling may dumating na oportunidad, wala silang awa at tiyak na hindi nila ito palalampasin. Kaya, kapag gumagawa ang mga anticristo ng tungkulin ng pagpapatuloy sa bahay, nag-iimboto sila at sinusubukan nilang angkinin ang anumang bagay na maaangkin nila—mula sa maliliit na gamit tulad ng isang pares ng insole hanggang sa isang malaking kagamitang binibili ng sambahayan ng Diyos. Sinasamantala nila ang pagkakataon na makagawa ng kanilang mga tungkulin para makahanap ng iba’t ibang palusot at paraan na maangkin ang mga gamit para sa kanilang sarili, dinidispalko ang pag-aari ng sambahayan ng Diyos, habang walang kahihyang sinasabi na ginagawa lamang nila ito para protektahan ang pag-aari ng sambahayan ng Diyos, at na nararapat lamang na mapasakanila ang mga bagay na ito dahil sa paggawa nila ng kanilang mga tungkulin. Nangyayari ang mga ganitong bagay sa mga taong nananampalataya at sumusunod sa Diyos.

Habang ginagawa ng mga anticristo ang kanilang tungkulin ng pagpapatuloy sa bahay, maaaring palabasin nila na hindi sila nag-iimboto o hindi nila sinusubukang kuhain ang mga gamit, na tumatanggi silang tumanggap ng anumang bayad sa pagpapatuloy sa mga kapatid, at kapag nakakakita sila ng ilang walang kuwentang bagay, nagmamadali

silang itago ang mga ito. Gayumpaman, pagdating sa mahahalagang bagay na pag-aari ng sambahayan ng Diyos, talagang hindi nila bibitiwan ang mga ito nang ganoon-ganoon lang. Maaaring ibibigay nila ang isang bagay na nagkakahalaga ng isang yuan, pero anumang bagay na nagkakahalaga ng isang daang yuan, isang libong yuan, sampung libong yuan, o isang bagay na mas mahal pa, isisiksik nila ito sa kanilang pitaka at aangkinin. Sa kaso ng ilang tao, lumilitaw ang isang mapanganib na sitwasyon sa isang lugar habang iniingatan nila ang mga ari-arian ng sambahayan ng Diyos, at ang mga taong nakakaalam na ginagawa nila ito ay maaaring tumatakas sa ibang lugar o naaaresto, at kaya walang ibang nakakaalam tungkol sa mga ari-ariang ito na iniingatan nila kundi sila lamang—sa mga ganitong sitwasyon nasusubukan ang mga tao. Ang mga tunay na nananampalataya sa Diyos, na nagmamahal sa katotohanan at nagtataglay ng may-takot-sa-Diyos na puso, ay kayang manatili sa kanilang tungkulin sa lahat ng oras, at hindi sila magkakaroon ng ideya o kaisipan na idispalko ang mga ari-ariang ito. Gayumpaman, hindi ganito ang mga anticristo; pipigain nila ang kanilang utak at mag-iisip sila ng anumang posibleng paraan para maangkin ang mga ari-ariang ito. Sa sandaling may mangyari sa mga taong nakakaalam na iniingatan nila ang mga ari-arian, lihim na natutuwa ang mga anticristo sa puso nila at nagtatatalon pa nga sila sa tuwa. Kaagad nilang inaangkin ang mga ari-arian para sa kanilang sarili nang hindi man lang natatakot, at lalong wala silang nararamdaman na panunumbat sa sarili o pagkakonsensiya. Ginagamit ng ilang anticristo ang mga ari-ariang ito para sa kanilang sariling gastusin sa bahay at winawaldas ang mga ito ayon sa gusto nila, agad namang ginagamit ng ilan ang pera para bumili ng mga bagay na gusto nila para sa kanilang tahanan, at inilalagay pa nga ng ilan ang pera diretso sa account ng bangko nila at inaangkin ito. At kapag kinokolekta na ng mga kapatid ang mga ari-arian, nagagawa bang aminin ng mga anticristo ang kanilang ginawa? Tiyak na hindi ito aaminin ng mga anticristo. Ang pakay nila sa pananampalataya sa Diyos at paggawa ng kanilang tungkulin ay upang makakuha ng mga kanais-nais na bagay, at kabilang sa mga kanais-nais na bagay na ito ang mga handog sa Diyos, ang pag-aari ng sambahayan ng Diyos, at maging ang mga personal na pag-aari ng mga kapatid. Samakatwid, ginagawa ng mga anticristo ang kanilang tungkulin nang may kasakiman, pagnanais, at personal na ambisyon; hindi sila naririto para hangarin ang katotohanan, para tanggapin ang paghatol at pagkastigo ng Diyos, o para tanggapin ang pagliligtas ng Diyos, bagkus ay pumarito sila upang makuha ang bawat pakinabang, ang lahat ng kaginhawahan, at ang lahat ng ari-arian. Masasabi na puno ng kasakiman at pagnanais ang mga taong ito. Saan nakatuon ang kanilang puso? Nakatuon ang kanilang puso sa mga ari-arian ng sambahayan ng Diyos. Kaya, kapag ginagawa nila ang kanilang tungkulin ng pagpapatuloy sa bahay, nakatuon sila sa kung ano ang binibili ng sambahayan ng Diyos para kanino, kung gaano kalaking pera ang ibinibigay ng sambahayan ng Diyos para kanino, at kung gaano kalaking mga benepisyo at mga kanais-nais na bagay ang natatamo ng mga partikular na tao mula sa sambahayan ng Diyos at sa mga kapatid

para sa paggawa ng tungkulin ng pagpapatuloy sa bahay—ito ang mga bagay na tinututukan nila. Kung hihilingin sa kanila na magpatuloy sa bahay ng mga ordinaryong kapatid at hindi sila makakakuha ng anumang kanais-nais na bagay sa paggawa nito, makakaisip sila ng iba’t ibang dahilan para hindi ito gawin. Sa sandaling hilingin sa kanila na magpatuloy sa bahay ng isang nakatataas na lider, ganap na nag-iiba ang kanilang saloobin, nagbabago ito, ang laki ng ngiti nila, at sabik nilang hinihintay ang lider; hindi sila makapaghintay na imbitahin ang “bigating” taong ito na papatuluyin nila sa kanilang bahay at sambahin ang lider na ito na parang diyos. Iniisip nila na dumating na ang kanilang pagkakataon, na ito na ang kanilang gagatasan ng pera, at kung mapapalampas nila ang pagkakataong ito, mawawala ang kanilang pagkakataon na yumaman, kaya paanong posibleng palalampasin nila ito? Nang may kasakiman, pagnanais, at motibasyon at intensiyon na idispalko ang ari-arian ng sambahayan ng Diyos, tinatanggap nila ang tungkuling ito na makapagbibigay sa kanila ng mga kanais-nais na bagay—ano ang kanilang panghuling pakay? Ito ba ay para gawin nang maayos ang kanilang tungkulin? Ito ba ay para patuluyin sa bahay nang mabuti ang mga kapatid? Ito ba ay para ialay ang kanilang katapatan? Ito ba ay para makamit ang katotohanan? Hindi, wala sa mga ito; gusto nilang gamitin ang pagkakataong ito para magtamo ng mga kanais-nais na bagay. Hindi sila magpapatuloy sa bahay ng mga ordinaryong tao, ngunit kapag nababalitaan nila na kailangan nilang magpatuloy sa bahay ng isang lider o manggagawa na may katayuan, nagkukumahog silang gawin ito, at pagkatapos ay nakakaisip sila ng iba’t ibang dahilan para magpabili sa sambahayan ng Diyos ng iba’t ibang pang-araw-araw na pangangailangan at kagamitan sa bahay para sa mga ito, sinasabi na, “Hindi puwedeng tumira ang mga lider sa isang hindi maayos na kalagayan kapag pumunta na sila rito. Hindi ba’t dapat maihanda ang lahat para maging maginhawa ang pagpapatuloy sa bahay? Hindi kami nagtatamasa sa mga bagay na ibinibigay ng sambahayan ng diyos; at kung nagtatamasa man kami, nakikinabang lang kami sa biyayang natatanggap ng mga lider. Bukod dito, kung may darating na isang lider, nangangamba ako na baka hindi nila makasanayan ang pagkaing kinakain namin dito araw-araw. Maraming bagay na pinamamahalaan ang mga lider araw-araw, at kung magkasakit sila, hindi ba’t mabibigo kami sa aming tungkulin bilang mga nagpapatuloy sa bahay? Kaya, dapat maghanda ang iglesia ng tatlong pagkain sa isang araw para sa mga lider. Kailangan naming magkaroon ng gatas, tinapay, itlog, at iba’t ibang uri ng gulay, prutas, karne, at mga nakahandang health supplement para sa kanila.” Hindi ba’t maganda at maalalahaning kaisipan ito? Malakas na nagsasalita ng wikang tunog tao ang mga anticristo, ngunit inaalala ba talaga nila ang mga lider sa kanilang puso? Ano ba mismo ang lihim nilang pakay? Hindi ganoon kasimple ang kanilang pakay. Maaaring mahirap lang sila at hindi pa nakakakain o nakakakita ng magagandang bagay dati, at gusto nilang gamitin ang pagkakataong ito para makaranas, para mamuhay katulad ng mayayaman, para mamuhay nang natutugunan ang lahat ng kanilang pangunahing pangangailangan, para gamitin ang pagkakataong ito na alagaan ang kanilang kalusugan, para makakain ng

mga pagkaing hindi nakakain ng mga ordinaryong tao at makapagtamasa ng mga pagtrato na hindi natatamasa ng mga ordinaryong tao. Iyon ang dahilan kung bakit mukhang napakamaalalahanin ng kanilang mga iniisip. Pero ano ba talaga ang nasa likod ng kanilang pag-aalala? Gusto nilang magpakana para sa sarili nilang kapakanan, gusto nilang makuha at mapanghawakan ang mga bagay na ito, at tiyak na iniisip nila ang bawat aspekto ng kanilang mga pakana—hindi nila ito gagawin para sa sinumang iba. At kapag nagpapatuloy sila sa bahay ng isang lider, talagang namumuhay ng magandang buhay ang mga anticristong ito. Pagkatapos, napapaisip sila, “Magandang mamuhay nang ganito, pero hindi naman talaga sa akin ang mga bagay na ito. Kailan kaya magiging akin ang mga bagay na ito? Kung paaalisin ko ang lider na ito, hindi ko na matatamasa ang mga bagay na ito, pero kung hindi ko siya paaalisin, wala talaga akong mabuting kalooban na patuloy siyang patuluyin sa bahay. Talagang hindi ko gagawin ang tungkuling ito kung hindi dahil sa mga kanais-nais na bagay na ito. Araw-araw, kailangan kong magising nang maaga at matulog nang dis-oras sa gabi, palagi akong natatakot, at kailangan ko siyang pagsilbihan. Palagi kong iniisip ngayon na mas marami yatang mawawala sa akin kaysa sa makukuha ko mula sa paggawa ng tungkuling ito, at na hindi naman sapat ang mga benepisyo at kasiyahan nakukuha ko mula rito. Ano ang gagawin ko kung matagal pang maninirahan dito ang lider? Kailangan kong mag-isip ng paraan para mapaalis siya, at pagkatapos ay muli na akong mapapayapa at matatahimik sa bahay ko.” Ganito ba mag-isip ang mga tao? Ganito ba mag-isip ang mga taong may normal na pagkatao at taos-puso na gumagawa sa kanilang tungkulin? (Hindi.) Ganito mag-isip ang mga anticristo. Kahit gaano pa karami ang mga kanais-nais na bagay o benepisyo na nakukuha nila, hindi kailanman matutugunan ang kanilang kasakiman at pagnanais; hindi sila kailanman nakokontento, iniisip nila na wala silang anumang nakamit, at hindi nila iniisip na ang paggawa ng tungkuling ito ang trabahong dapat nilang gawin. Sa kabaligtaran, iniisip nila na karagdagang sakripisyo at halaga ito. Kahit gaano pa karaming bagay ang nakukuha nila o gaano kalaking benepisyo ang nakakamit nila, pakiramdam nila ay nawawalan pa rin sila at iniisip nilang ang sambahayan ng Diyos ang nakikinabang sa kanilang mga naigugol, na ang mga kapatid ang nakikinabang sa kanilang kapinsalaan, at na sila mismo ay walang anumang nakukuhang kanais-nais mula rito. Habang tumatagal, nararamdaman nilang hindi sila kayang matugunan ng mga kanais-nais na bagay na ito at hindi kayang busugin ng mga ito ang kanilang kasakiman. Sabihin mo sa Akin, anong pagkatao ang taglay ng mga anticristo? Mayroon ba silang anumang pagkatao? (Wala.) At mayroon bang konsensiya ang mga taong walang pagkatao? Kaya ba nilang gawin ang kanilang tungkulin habang nagkikimkim ng pagnanais na magampanan ito nang tapat, pati na rin ng pagnanais na maging mapagkumbaba, na maging sinsero, at taos-pusong igugol ang kanilang sarili? Kaya ba nilang gawin ang kanilang tungkulin nang walang hinihinging kabayaran, nang walang hinahangad na anumang kapalit, at nang walang hinihingi na anumang gantimpala? (Hindi.) Bakit hindi? Wala silang kamalayan ng konsensiya, at gaano man kalaki ang

mga benepisyong nakukuha nila, iniisip nilang nararapat lang sa kanila ang mga ito. Hindi ba't ang "nararapat lang" na ito ay isang bagay na hindi maiisip ng mga normal na tao at isang bagay na hindi nila kailanman iisipin? Mayroon bang pakiramdam ng kahihyan sa ganitong klaseng kaisipan at saloobin? (Wala.) Mayroon bang anumang pagkatao ang mga taong walang pakiramdam ng kahihyan? Inilalantad ng usaping ito ang isang kalikasan na taglay ng mga anticristo, ang pagiging walang kahihyan o konsensiya.

Anong uri ng mga tao ang mga walang kahihyan? Anong uri ng mga tao sa loob ng sangkatauhan ang walang kahihyan? (Mga taong may sakit sa utak.) Walang kahihyan ang mga taong may sakit sa pag-iisip, tumatakbo sila nang nakahubad sa kalsada, walang malay sa mga taong nakatingin sa kanila, marahil ay pinagtatawanan pa nga nila ang mga taong nakasuot ng damit, at sinasabing, "Tingnan nga ninyo kung gaano kahirap para sa inyo na magsuot ng mga damit. Tumatakbo ako nang nakahubad sa kalsada, at malayang-malaya at hindi napipigilan ang pakiramdam ko!" Hindi ba't ito ang ibig sabihin ng pagiging walang kahihyan? (Oo, ito nga.) Ito ang ibig sabihin ng pagiging walang kahihyan. Ang mga taong walang kahihyan ay walang kamalayan ng konsensiya at sila ay may sakit sa pag-iisip; nakikinabang sila sa kapinsalaan ng lahat ng iba pa, gusto nilang kuhain ang anumang pag-aari ng iba, ang kanilang kasakiman at pagnanais ay lumampas sa saklaw ng normal na pagkamakatwiran ng tao—umabot na sila sa puntong hindi na nila kayang kontrolin ang kanilang sarili at wala na silang kamalayan ng konsensiya. Makakamit ba ng mga ganitong tao ang katotohanan? Tiyak na hindi. Naghahangad lamang sila ng kasikatan, pakinabang, katayuan, at mga materyal na interes, at hindi nila kailanman nakakamit ang katotohanan. Kaya, magkakaroon ba sila ng puwang sa kaharian ng langit? Hindi inililigtas o pineperpekto ng Diyos ang mga gayong tao. Dapat bang kaawaan ang mga taong ito? (Hindi.) Dapat kamuhian ang mga taong ito; nakasusuya, kapoot-poot, at kasuklam-suklam sila. Kasuklam-suklam at mababa ang karakter ng mga taong ito; wala silang dignidad o kahihyan. Puno ng kasakiman, ambisyon, at pagnanais ang puso nila. Gusto lang nilang samantalahin ang pagkakataong gawin ang kanilang tungkulin para subukang magtamo ng mga interes para sa kanilang sarili, at hindi nila tinatanggap ang katotohanan kahit kaunti, at hindi rin nila ginagawa ang mga bagay ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Kapag nagdarasal sila sa Diyos, humihiling din sila ng mga kanais-nais na bagay, ng mga interes, at ng mga pagpapala ng Diyos. Inilalarawan nila sa Diyos kung paano sila nagdusa at nagsakripisyo, at lumalapit sila sa Diyos para magdasal tungkol sa mga bagay na ito upang gamitin lamang ang mga paghihirap na tiniis nila at ang mga halagang ibinayad nila para makipagtawaran sa Kanya, upang humingi ng mga pagpapala at gantimpala mula sa Diyos, at bukas pa nga nilang iniaabot ang kanilang mga palad sa Diyos at hinihingi ang materyal na pagtrato na gusto nila. Ang gusto nilang ipahayag kapag lumalapit sila sa Diyos ay ang kanilang mga reklamo, pagsuway, kawalang-kasiyahan, hinaing, at sama ng loob, pati na rin ang kanilang pagkadismaya na hindi natutugunan ang kanilang kasakiman at mga pagnanais. Kapag nakikita ng Diyos ang mga pagpapamalas na ito,

minamahal o kinamumuhian ba Niya sila? (Kinamumuhian Niya sila.) Kapag gumagawa sila ng kaunting pagsisikap para sa kapakanan ng iglesia, agad silang lumalapit sa Diyos para ideklara ito at angkinin ang kredito, para sabihin sa Diyos ang kanilang mga sakripisyo at kung ano ang inialay nila habang gumagawa ng iba't ibang tungkulin o trabaho; takot na takot sila na hindi malaman ng Diyos ang mga bagay na ito, na hindi makita ng Diyos ang mga bagay na ito, at na makalimutan ng Diyos ang mga halagang ibinayad nila. Samakatwid, ang mga taong ito ay itinuturing na masama at lubos na wala nang kahihyan sa harap ng Diyos. Kapag lumalapit sila sa Diyos para ilarawan at ideklara ang mga halagang ibinayad nila, para ilarawan sa Kanya kung ano ang mga bagay na nais nilang makuha, at para iabot ang kanilang kamay sa Diyos at humingi ng mga gantimpalang gusto nila, sinasabi ng Diyos, “Magsilayo kayo sa Akin, kayong manggagawa ng katampalasanan.” Ano ang saloobin ng Diyos? “Hindi karapat-dapat na lumapit sa Akin ang mga taong tulad mo. Nasusuklam Ako sa iyo at nakakaramdam Ako ng pagtutol sa iyo. Naibigay Ko ang lahat ng gusto mo; natanggap mo na nang isandaang ulit ang nais mong makamit sa buhay na ito. Ano pa ba ang gusto mo?” Ang nais na pangunahing ibigay ng Diyos sa sangkatauhan ay hindi materyal na bagay, sa halip, nais Niyang ipagkaloob ang katotohanan sa sangkatauhan, nang sa gayon ay matamo nila ang kaligtasan sa pamamagitan ng katotohanan. Subalit, walang pakundangang kinontra ng mga anticristo ang gawain ng Diyos, hindi nila hinahanap ang katotohanan, at hindi nila isinasagawa ang katotohanan. Sa halip, gusto nilang gamitin ang pagkakataon na makagawa ng kanilang tungkulin sa panahon ng gawain ng Diyos upang di-wastong makapagtamo sila ng mga kanais-nais na bagay; sinasamantala nila ang mga butas sa sistema at nakikinabang sila sa lahat ng bagay habang napipinsala naman ang iba, subalit madalas nilang nararamdaman na nawawalan sila at hindi masyadong nakikinabang. Madalas din nilang nararamdaman na labis silang nagsakripisyo at nag-alay, na higit ang kanilang mga kawalan kaysa sa kanilang mga pakinabang at, dagdag pa rito, madalas nilang pinagsisisihan ang kanilang mga sakripisyo, at iniisip nila na hindi nila sapat na napag-isipang mabuti ang mga bagay-bagay o na hindi sila nakaisip ng plano para makaalis. Kaya, sa puso nila, madalas silang nagagalit dahil hindi sila nakakatanggap ng mga agarang gantimpala para sa kanilang mga sakripisyo, at puno rin sila ng mga reklamo sa Diyos. Sa kanilang puso, madalas silang nagkakalkula, iniisip na, “Hindi ba’t matuwid ang diyos? Walang kinikilingan ang diyos, hindi ba? Hindi ba’t ang diyos ay ang diyos na nagpapala sa mga tao? Hindi ba’t natatandaan ng diyos ang lahat ng mabubuting gawa at ang lahat ng inilaan at iginugol ng isang tao? Tinalikuran ko ang aking pamilya para sa gawain ng diyos at nagbayad ako ng halaga, pero ano ang nakukuha ko mula sa diyos?” Kung hindi natutugunan ang kanilang kasakiman at pagnanais sa loob ng maikling panahon, nagiging negatibo sila at nagsisimulang magreklamo. Kung hindi natutugunan ang kanilang kasakiman at pagnanais sa loob ng mahabang panahon, napupuno ng naipong sama ng loob ang kaibuturan ng kanilang puso. At ano ang mga kahihinatnan ng naipong sama ng loob na ito? Sa puso nila,

sisimulan nilang pagdudahan at kuwestiyunin ang Diyos, magsisimula silang husgahan ang matuwid na disposisyon ng Diyos, at magsisimula pa ngang pagdudahan ang pagmamahal at diwa ng Diyos. Kung maiipon nang matagal ang sama ng loob na ito, nagiging kanser ang mga bagay na ito at nagsisimulang kumalat, at magagawa na nilang ipagkanulo ang Diyos anumang oras. Lalo na kapag nasa harap sila ng ilang tao na negatibo at mahina at na may medyo mababang tayog, o sa harap ng ilang tao na bago pa lang sa pananalig, ibinubunyag at ipinapakalat nila paminsan-minsan ang mga negatibong emosyong ito, ipinapakalat ang kanilang kawalang-kasiyahan sa Diyos at paglapastangan sa Diyos, at ililigaw pa nga nila ang ilang tao na walang pagkilatis na pagdudahan ang matuwid na disposisyon at diwa ng Diyos. Hindi ba't ginagawa ito ng mga anticristo? Dahil hindi natutugunan ang kanilang mga ambisyon, pagnanais, paghahangad, at intensiyon, nakakaya nilang gawin ang mga bagay na ito at nakapagpapakita ng ganitong uri ng saloobin sa Diyos—anong disposisyon ito? Malinaw na disposisyon ito ng isang anticristo at isa itong satanikong disposisyon.

Anumang kapisasong paghihirap ang nararanasan ng isang anticristo o anumang halaga ang ibinabayad niya sa iglesia, hindi niya nararamdaman na parte ito ng kanyang obligasyon, na ito ang tungkuling dapat gawin ng isang nilikha, bagkus ay itinuturing niya ito bilang kanyang kontribusyon, na dapat tandaan ng Diyos. Iniisip niya na kung natatandaan ng Diyos ang kanyang kontribusyon, dapat Siyang magbigay kaagad, magbigay sa kanya ng mga pagpapala, pangako, at espesyal na materyal na pabor, at dapat siyang tulutan ng Diyos na magkamit ng mga benepisyo at magtamo ng mga espesyal na pakinabang. Saka lamang masisiyahan ang anticristo. Ano ang pagkaunawa ng isang anticristo sa tungkulin? Hindi niya nararamdaman na ang tungkulin ay isang obligasyon na dapat gampanan ng mga nilikha, o isang responsabilidad na dapat tuparin ng mga sumusunod sa Diyos. Sa halip, pakiramdam niya, ang paggampan ng tungkulin ay isang alas sa pakikipagtransaksiyon sa Diyos, isang bagay na maaaring ipagpalit para sa Kanyang mga gantimpala, at isang paraan upang matugunan ang kanyang sariling mga ambisyon at pagnanais at makakuha ng mga pagpapala para sa kanyang pananampalataya sa Diyos. Iniisip niya na ang pagkakaroon ng biyaya at pagpapala ng Diyos ay dapat na maging isang paunang kondisyon sa paggawa ng kanyang tungkulin at na nagbibigay ito sa mga tao ng tunay na pananalig sa Diyos, na maaari lamang maging panatag ang mga tao sa paggawa ng kanilang mga tungkulin kung titiyakin ng Diyos na wala na silang mga alalahanin sa hinaharap. Iniisip din niya na dapat ibigay ng Diyos ang lahat ng kaginhawahan at may pinapaboran na pagtrato sa mga taong gumagawa ng kanilang mga tungkulin, at na dapat tamasahin ng mga tao ang lahat ng pakinabang na ibinibigay ng sambahayan ng Diyos habang ginagampanan nila ang kanilang mga tungkulin. Ito ang mga bagay na dapat matanggap ng mga tao. Sa puso nila, ganito mag-isip ang mga anticristo. Ang mga ganitong paraan ng pag-iisip ay ang tumpak na perspektiba at kasabihan ng mga anticristo, at kinakatawan ng mga ito ang kanilang saloobin sa tungkulin. Kahit gaano pa makipagbahaginan ang sambahayan ng

Diyos tungkol sa katotohanan sa paggawa ng tungkulin, hinding-hindi magbabago ang mga bagay na kinikimkim ng mga anticristo sa kanilang puso. Habang-buhay silang kakapit sa kanilang pananaw sa paggawa ng kanilang tungkulin. Mayroong isang parirala na maaari nating gamitin kaugnay sa pagpapamalas na ito—ano iyon? Ito ay ang pagpapahalaga sa mga materyal na bagay nang higit sa lahat; ibig sabihin, ang mga bagay lamang na maaari nilang hawakan sa kanilang mga kamay ang tunay, at walang saysay ang pangangako. Ang diwa ng mga pagpapamalas ng mga anticristong ito ay materyalistiko, tama ba? (Tama.) Ang materyalismo ay ateismo; naniniwala lamang sila sa kung ano ang kanilang nakikita at nahahawakan, ang nakikita lamang nila ang may halaga, at itinatangi nila ang pag-iral ng anumang bagay na hindi nila nakikita. Kaya, matutukoy natin na ang kaalaman at pagkaunawa ng isang anticristo sa tungkulin ay tiyak na salungat sa mga katotohanang prinsipyo, at na ganap itong kapareho ng pananaw ng mga walang pananampalataya; tunay na sila ay mga hindi mananampalataya. Hindi sila naniniwala sa pag-iral ng Diyos, at hindi sila naniniwala na ang lahat ng salita ng Diyos ay ang katotohanan, ang tunay na daan. Naniniwala lamang sila na tunay ang kasikatan, pakinabang, at katayuan, at na ang lahat ng kanilang hinahangad at tinatamasa ay maaari lamang makamit sa pamamagitan ng pagsusumikap at pakikibaka ng tao, at sa pamamagitan ng halagang ibinabayad nila. Paano ito naiiba sa pananaw na nagsasabing, “Dapat lumikha ng kaligayahan ang mga tao gamit ang kanilang sariling mga kamay”? Walang pagkakaiba. Hindi sila naniniwala na makakamtan ng mga tao sa huli ang katotohanan at ang buhay sa pamamagitan ng paggugol ng kanilang sarili at pagbabayad ng halaga para gawin nang maayos ang kanilang mga tungkulin para sa Diyos. Hindi rin sila naniniwala na maaaring magkamit ng pagsang-ayon at mga pagpapala ng Lumikha ang mga taong kumikilos ayon sa mga hinihingi ng Diyos at sa gayon gumagawa ng kanilang tungkulin sa paraang pasok sa pamantayan. Ipinapakita nito na hindi sila naniniwala sa pangako ng Diyos sa sangkatauhan o sa mga pagpapala ng Diyos. Hindi sila naniniwala sa katunayan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat, kaya, hindi sila nagtataglay ng tunay na pananalig. Ang pinaniniwalaan lang nila ay, “Ginagawa ko ang aking tungkulin, kaya dapat akong magtamasa ng espesyal na pagtrato mula sa sambahayan ng diyos at ng mga materyal na pagpapala. Dapat akong bigyan ng sambahayan ng diyos ng lahat ng materyal na pribilehiyo at kasiyahan. Makatotohanan iyon.” Iyon ang mentalidad at pananaw ng isang anticristo. Hindi sila naniniwala na tapat ang mga pangako ng Diyos, o naniniwala sa katunayan na sa pamamagitan ng pagkamit ng katotohanan ay nagkakamit ng buhay at pinagpapala ng Diyos ang isang tao. Pagdating sa paggawa ng kanilang tungkulin, sadyang hindi nila hinahanap ang katotohanan, hindi nila tinatanggap ang katotohanan, at lalong hindi nila kinikilala ang katotohanang ito: Na nagagawang gampanan ng tao ang tungkulin ng isang nilikha ay ang pinakamalaking pagpapala ng Diyos at isang bagay na matatandaan ng Diyos, at sa prosesong ito, makakamit ng tao ang katotohanan at maliligtas siya ng Diyos sa huli—ito ang pinakadakilang ipinangako ng Diyos sa tao. Kung pinaniniwalaan mo ang

mga ipinangako sa iyo ng Diyos at matatanggap mo ang mga pangakong ito, kung gayon, mayroon kang tunay na pananalig sa Diyos. Ano ang nararamdaman ng mga anticristo at mga hindi mananampalataya kapag naririnig nila ang mga salitang ito? (Hindi sila naniniwala sa sinasabi ng Diyos at iniisip nila na panlilinlang ito.) Sa tingin nila, ang mga salitang ito na sinasabi ng Diyos ay para lamang taniman ang mga tao ng ilusyon upang mahikayat na magserbisyo sa Diyos ang ilang taong hangal at mahina ang isip na tunggak, at pagkatapos ay itaboy ang mga ito kapag natapos na ang serbisyo ng mga ito. Iniisip ng mga anticristo na, “Makamit ang katotohanan? Ha! Sino ba ang nakakakita kung ano ang katotohanan? Sino ang nakakahawak sa mga pangako ng diyos? Sino ang nakatanggap na sa mga ito? Hindi makatotohanan ang mga pangako ng diyos; tanging ang pagkakamit ng kasikatan at pakinabang at pagtatamasa ng mga pakinabang ng katayuan ang makatotohanan; tanging ang pagsusumikap para sa kasikatan at pakinabang at pagtatamasa ng mga pakinabang ng katayuan ang totoo. Matagal ko nang naririnig ang tungkol sa mga pangakong ipinagkakaloob ng diyos sa tao at ang katotohanang ibinibigay niya sa tao, at wala akong anumang ipinagbago, wala akong nakamit na anumang pakinabang, at lalong hindi ako nakapamuhay ng mataas na buhay na may katayuan sa mga bagay na ito. Bagama’t nagpapatotoo ang ilang tao at nagsasabing nakamit nila ang katotohanan at nagbago sila, at na natanggap nila ang mga pagpapala ng diyos, mukha pa rin silang napakaordinaryo, normal na tao silang lahat, kaya paano nila makakamit ang mga pagpapala ng diyos at makapapasok sa kaharian ng langit?” Iniisip nila na tanging ang mga bagay na nahahawakan at nakukuha nila gamit ang kanilang mga kamay ang pinakatotoo. Hindi ba’t ganito ang pananaw ng mga hindi mananampalataya? Ganitong-ganito nga. Kaya, kapag pumasok ang mga anticristong ito sa iglesia, pinagdududahan nila ang lahat ng bagay, palaging pinagninilay-nilayan kung saan sila makakakuha ng pakinabang, kung anong pagkakataon ang maaari nilang samantalahin para makakuha ng kalamangan at makakuha ng mas malalaking praktikal na pakinabang mula sa kanilang pananalig sa Diyos—madalas nilang kinakalkula ang mga bagay na ito sa kanilang isipan. Pakiramdam nila na tanging sa pagkakamit ng kasikatan, pakinabang, at katayuan sila makakatanggap ng lahat ng pakinabang, kaya pinipili nilang hangarin ang katayuan at ilaan lamang ang kanilang sarili sa pagsusumikap para sa mga bagay na ito. Hindi nila kailanman pinagninilay-nilayan ang katotohanan o hinahanap ang mga layunin ng Diyos, at kumakain at umiinom sila ng mga salita ng Diyos para lang bigyang-ginhawa ang kanilang puso at punan ang kahungkagan, hindi para hangarin ang katotohanan. Sa anumang oras, kung hihilingin mo sa isang anticristo na bitiwang ang kanyang kasakiman at mga pagnanais, na lubusang talikuran ang kanyang paghahangad ng kasikatan, pakinabang, at katayuan, at bitiwang ang mga benepisyong ito na gusto niya mula sa kanyang pananalig sa Diyos, hindi niya ito magagawa. Kapag hinihimok mo siyang bitiwang ang mga bagay na ito, pakiramdam niya ay para bang sinusubukan mong alisan siya ng balat o bunutin ang kanyang mga litid; kung wala ang mga bagay na ito, pakiramdam niya ay dinukot ang kanyang puso,

na parang nawalan siya ng kanyang kaluluwa, at kung wala ang mga ambisyon at pagnanais na ito, pakiramdam niya ay walang pag-asa sa kanyang pananalig sa Diyos, at nawawalan ng kabuluhan ang buhay. Sa mga mata niya, ang mga gumugugol at naglalaan ng kanilang sarili at nagbabayad ng halaga para lamang sa kanilang tungkulin, na hindi naghahanap ng mga pansariling pakinabang, ay pawang mga hangal. Ang prinsipyo para sa mga makamundong pakikitungo na pinanghahawakan ng mga anticristo ay “Ang bawat tao para sa kanyang sarili at bahala na ang iba.” Iniisip nila, “Paanong hindi iisipin ng mga tao ang kanilang sarili? Paanong hindi magsusumikap ang mga tao para sa kanilang sariling kapakinabangan?” Sa puso nila, hinahamak nila ang mga nag-aalay ng lahat at taos-pusong gumugugol ng kanilang sarili para sa Diyos, hinahamak nila ang mga tapat na gumagawa ng kanilang tungkulin at namumuhay nang napakatipid at napakasimple pagdating sa mga materyal na bagay, at hinahamak nila ang mga inuusig dahil sa nananampalataya ang mga ito sa Diyos at gumagampan ng tungkulin kaya hindi na nakakauwi ang mga ito. Sa puso nila, madalas nilang pinagtatawanan ang mga taong ito, sinasabing, “Nawalan kayo ng tahanan dahil sa pananalig ninyo sa diyos. Hindi ninyo makasama ang inyong pamilya at namumuhay kayo sa kakarampot na badyet—napakahangal ninyo! Kahit ano pa ang ginagawa ng isang tao, kabilang na ang kanyang pananalig sa diyos, dapat niyang sundin ang prinsipyo sa mga makamundong pakikitungo: Hinding-hindi siya dapat magdusa ng kawalan. Dapat niyang makita at mahawakan ang mga pangako at pagpapala ng diyos, at ang tanging angkop na saloobin na dapat panghawakan ay ang huwag pakawalan ang lawin hangga’t hindi mo pa nakikita ang kuneho. Napakahangal ninyo! Tingnan ninyo ako. Pareho akong nananampalataya sa diyos at naghahangad ng kasikatan, pakinabang, at katayuan. Natatamasa ko ang lahat ng magandang pagtrato ng sambahayan ng diyos at maaari din akong magkamit ng mga pagpapala sa hinaharap. Hindi ko kailangang magtiis ng anumang paghihirap, at ang mga pagpapalang matatanggap ko ay magiging higit pa kaysa ng sa inyo. Hindi ako nagbabayad ng halaga katulad ninyo, na tumatalikod sa inyong mga pamilya at trabaho at hindi na makauwi ng tahanan, nang hindi nakakasiguro kung makakatanggap ba kayo ng anumang pagpapala sa hinaharap.” Anong klase ang mga taong ito? Hindi nila hinahangad ang katotohanan, hindi nila taos-pusong ginagawa ang kanilang tungkulin, at gayumpaman ay hinahamak nila ang mga naghahangad sa katotohanan at tumatalikod sa kanilang mga pamilya at trabaho, nagtitiis ng paghihirap at nagbabayad ng halaga alang-alang sa paggawa ng kanilang tungkulin, isinasakatuparan ang atas ng Diyos, at sinusunod ang kalooban ng Diyos. Marami bang ganitong tao? (Oo.) May ilan sa bawat iglesia. Mga tunay bang mananampalataya sa Diyos ang mga taong ito? Maliligtas ba sila? (Hindi.) Hindi sila mga tunay na mananampalataya sa Diyos, at lalong hindi posibleng maligtas sila.

Kahit anong isyu ang kinakaharap ng mga anticristo o kahit ano ang ginagawa nila, ang unang iniisip nila ay hindi kung makakamit ba nila ang katotohanan at matatamo ang kaligtasan, kundi iniisip nila ang lahat ng pakinabang ng kanilang laman. Sa puso

nila, ang lahat ng pakinabang na may kaugnayan sa kanilang laman ang pinakamahalaga, ang pinakamataas, at pinakanangingibabaw. Sa puso nila, hindi nila kailanman isinaalang-alang ang mga layunin ng Diyos, ang gawain ng Diyos, at lalo na ang tungkulin na dapat gampanan ng tao. Kahit paano pa hinihingi ng Diyos sa mga tao na gampanan nang pasok sa pamantayan ang kanilang tungkulin, kahit paano pa hinihingi ng Diyos sa mga tao na maging mga pasok sa pamantayan na nilikha, ganap na walang pakialam ang mga anticristo. Kahit ano pang mga pamamaraan ang ginagamit ng Diyos o mga salitang binibigkas Niya, hindi maaantig ng Diyos ang mga taong ito, kaya hindi Niya sila mahikayat na baguhin ang kanilang mga adyenda at talikuran ang kanilang kasakiman at mga pagnanais. Ang mga taong ito, kapwa sa pangalan at katunayan, ay mga materyalista at hindi mananampalataya, na kabilang sa mga anticristo. Kaya, maituturing ba ang mga taong ito na pinakamasama sa hanay ng mga anticristo? (Oo, dahil kaya pa ring magserbisyo ng ilang anticristo alang-alang sa katayuan, samantalang ang mga taong ito ay hindi man lang handang magserbisyo.) Tama. Nagnanais ang mga taong ito ng mga pakinabang, ang tanging pinagtutuunan at iniisip nila sa buong araw ay mga pakinabang, at ang lahat ng kanilang ginagawa ay umiikot sa mga pakinabang. Ang ilang tao ay gumagawa ng tungkulin na pagpapatuloy sa bahay at kapag nauubusan sila ng mga itlog, bigas, o harina, agad nilang sinasabi sa iglesia na magpadala ng tao na bibili ng mga bagay na ito. Hindi sila bumibili ng anumang nang sila mismo; para bang hindi nila kailanman kinain ang mga bagay na ito sa kanilang bahay bago sila nagsimulang gumawa ng tungkulin na pagpapatuloy sa bahay. Dati nilang binibili ang lahat ng bagay na ito nang sila mismo, pero sa sandaling sinimulan nilang gawin ang tungkuling ito, nagsimula silang makaisip ng mga palusot, para makaramdam ng tama at tiwala sa sarili, at para maging tagasingil ng utang, mga tagapagpautang ng sambahayan ng Diyos, na para bang may utang sa kanila ang sambahayan ng Diyos—hindi mabuti ang mga ganitong tao.

Nakapanirahan Ako sa ilang tahanang matutuluyan sa mainland Tsina, at may kamangha-manghang pagkatao ang ilan sa mga kapatid. Kahit na dalawa o tatlong taon pa lang sila nananampalataya at hindi pa gaanong nakakaunawa sa katotohanan, taos-puto nilang ginagawa ang kanilang tungkulin na pagpapatuloy sa bahay. Kapag sinubukan silang bigyan ng pera ng sambahayan ng Diyos, tatanggihan nila ito; magbibigay sila ng pera kapalit ng anumang ibinigay sa kanila ng mga kapatid, at maingat nilang sinisinop ang anumang pag-aari ng sambahayan ng Diyos; kung may anumang bagay na binili ang sambahayan ng Diyos na hindi nagamit, magbibigay pa sila ng pera sa sambahayan ng Diyos na katumbas sa halaga ng bagay na ito. Handang magpatuloy sa bahay ang ilang mas may kakayahan sa pinansiyal, at hindi sila tumatanggap ng kahit isang sentimo na bigay ng sambahayan ng Diyos. Hindi naman ganoon kayaman ang ibang tao, pero maging sila ay hindi tumatanggap ng anumang pera na bigay ng sambahayan ng Diyos. Anuman ang ibigay ng iglesia o ng mga kapatid sa kanilang bahay para gamitin sa pagpapatuloy, hindi nila lulustayin ang alinman dito. Ito ba ay dahil nauunawaan nila ang katotohanan? Hindi, ito ay usapin ng kanilang karakter. Higit

pa rito, at ang mas mahalaga, mga tunay silang mananampalataya, at kasabay ng pagkakaroon nila ng mabuting karakter, nagagawa nila ang bagay na ito, kung hindi ay hindi sana nila nagawa. Nakapunta na Ako sa ilang tahananang matutuluyan at inilabas ng mga host ang kanilang mga pinakamagandang kubrekama at kumot para magamit Ko, at sinabi Ko, “Bago pa ang mga ito at hindi pa nagagamit. Ibalik ninyo sa lalagyan, hindi Ko ito gagamitin.” Pinilit pa rin nila Akong gamitin ito. May ilang host na bumili ng lahat ng bagong kagamitan para magamit Ko, at sinabi Ko, “Huwag kayong bumili ng mga bagong gamit, sayang lang ang pera. Gagamitin Ko na lang kung ano ang mayroon kayo rito. Huwag na kayong gumastos pa. Hindi Ko iminumungkahi na bumili ang mga tao ng kung ano-ano kahit saan Ako pumunta. Hindi naman kinakailangan na palaging bagong mga gamit ang gamitin.” Pero may ilang tao na nagpumilit pa ring gumastos ng pera. May ilan din na host na naghanda ng maraming putahe tuwing oras ng kainan. Dahil hindi nila alam kung ano ang gusto Kong kainin, naghanda sila ng maraming putahe para may pagpipilian Ako, dahil kung kaunti lang ang inihanda nila, mag-aalala sila na hindi Ako makakain nang maayos. Marami ring taong ganito. Gayumpaman, may ilang host na naiiba. Noong nakituloy ako sa mga host na ito, nagbigay sila ng kung ano-anong pang-araw-araw na kagamitan na puwede Kong pagtiyagaan, ang mga sangkap na ginagamit nila sa pagluluto ay mula lang sa mga dinala ng mga kapatid, at kapag kailangan nilang bumili ng iba pa, hihingan nila Ako ng pera. May iba namang mga host na may mga bahay kung saan iniwan Ko ang ilan Kong kagamitan para maingatan. Kapag matagal-tagal Akong hindi nakabalik, sapilitang binubuksan ng mga host ang drawer at nawawala na ang ilang gamit. Lahat sila ay nananampalataya sa Diyos at gumagampan ng tungkulin na pagpapatuloy sa bahay, pero malaki ba ang pagkakaiba sa pagitan nila? Kayang gawin ng ilang tao na nananampalataya sa Diyos ang mga gayong bagay—ito ba ay isang bagay na ginagawa ng mga tao? Ito ang ginagawa ng mga magnanakaw, bandido, kontrabida, at tampalasan. Kaya bang gawin ng mga tunay na mananampalataya ang mga gayong bagay? Kung iniingatan ng isang tunay na mananampalataya ang isang bagay para sa iyo, kung gayon, gaano ka man katagal na hindi bumalik, kahit walo o sampung taon, palagi nila itong iingatan para sa iyo; hindi nila ito gagalawin, titingnan, o hahalungkatin. Subalit, sa ilang host, kung may iiwan kang gamit sa bahay nila, bubuksan at titingnan nila ito sa sandaling nakalabas ka na ng pintuan. Ano ang hinahalungkat nila? Hahalungkatin nila ang bag mo para tingnan kung may anumang mahalagang bagay sa loob, gaya ng alahas, mobile phone, o pera—hinahalungkat nila ang lahat ng ito. Ano naman ang mahilig halungkatin ng ilang babae? Gusto nilang makita kung may magaganda kang damit. Kapag nakapaghalungkat na sila, iniisip nila, “Oh, ang gaganda ng mga damit na ito. Susukatin ko nga.” Sabihin mo sa Akin, hindi ba’t nangyayari ang mga bagay na ito? (Oo.) Paano mo nalaman? Nakita na ba ninyo na nangyari ito? May matibay Akong ebidensya sa pagsasabing nangyayari ang mga bagay na ito. Isang taon, nang patapos na ang taglagas, nag-iwan Ako ng ilang damit sa isang tahananang matutuluyan. Isang araw, bigla Kong naalala ang ilan sa mga

damit na ito na dapat Kong isuot at nagplano Akong kuhain ang mga ito, kaya pumunta Ako sa tahananang matutuluyan na iyon. Hulaan mo kung ano ang nangyari. Pagpasok Ko sa bahay, sinusukat ng matandang babaeng nagpapatuloy sa bahay ang woolen coat Ko. Nagkataon lang na nakita Ko ito. Sabi Ko, “Ano ang ginagawa mo?” Nagulat siya. Hindi niya kailanman inasahan na magkakataong makikita Ko ang ginagawa niya, at sobra siyang napahiya. Gayumpaman, makakapal ang mukha ng mga ganitong tao, at agad niyang sinabi, “O, hindi ba’t bagay na bagay sa akin ang woolen coat mo?” Sabi Ko, “Coat Ko iyan. Hindi Ko iyan maisusuot kung suot-suot mo iyan.” Sabi niya, “Heto, ayaw ko naman nito.” Sabi Ko, “Bakit mo ito sinusukat kung ayaw mo pala nito? Hindi ba’t naka-lock ang pinto ng aparador?” Sabi niya, “Nagkataon lang na wala akong magawa ngayon kaya kinuha ko ito para tingnan.” Sabi Ko, “Hindi ito sa iyo kaya hindi mo ito dapat pinakialamanan.” Halimbawa ito ng isang bagay na aktuwal na nangyari. Hindi Ko alam kung ano ang kanyang intensiyon sa paggawa nito. Sabihin mo sa Akin, ang ganitong tao ba ay isang taong nananampalataya sa Diyos? Dapat Ko ba siyang ituring na mananampalataya sa Diyos at miyembro ng pamilya ng Diyos? (Hindi.) Hindi siya karapat-dapat na maging tagasunod ng Diyos, isa siya sa mga kasamahan ni Satanas, walang kahihiyan, walang konsensiya o pagkamakatwiran, walang kahit anong pagkatao—isa siyang buhong. Ililigtas ba ng Diyos ang mga gayong tao? Ang mga ganitong tao ay wala man lang pinakamababang antas ng integridad at dignidad o ng pinakakatiting na paggalang para sa Diyos—imposibleng mailigtas sila ng Diyos. Ang katotohanang sinasalita ng Diyos at ang buhay na ibinibigay Niya sa tao ay hindi ibinibigay sa mga gayong tao; ang mga taong ito ay hindi kasapi ng pamilya ng Diyos, kundi sila ay mga hindi mananampalataya sa labas ng sambahayan ng Diyos, at sila ay sa mga diyablo. Bukod sa kalikasang diwa ng mga anticristo na hindi nagmamahal sa katotohanan at tutol sa katotohanan, napakababa at napakakasuklam-suklam din ng kanilang karakter, at ang mga gayong tao ay kasuklam-suklam, kalait-lait, at kamuhi-muhi. Mula sa mga pagpapamalas ng mga taong ito na lumulustay ng mga ari-arian ng sambahayan ng Diyos na pinag-usapan natin kanina lang, sapat na ito para ipakita na anumang tungkulin ang ginagawa ng mga taong ito, hindi nila kailanman tunay na ginugugol ang kanilang sarili at hindi nila ito kailanman ginagawa nang may sinseridad. Sa halip, nakakaisip sila ng kanilang sariling mga adyenda, kasakiman, at pagnanais; naghahabol sila ng mga pakinabang, at hindi para makamit ang katotohanan. Kaya, kahit paano mo ito tingnan, hindi pasok sa pamantayan para sa Diyos ang pagkatao ng mga gayong tao. Kaya sabihin ninyo sa Akin, itinuturing ba ninyong pasok sa pamantayan ang pagkatao ng mga gayong tao, at itinuturing ba ninyo sila na mabubuting tao? (Hindi.) Hinahamak din ninyo ang mga gayong tao, tama ba? (Tama.) Kapag nabalitaan ng ilang tao na may biniling gamit ang sambahayan ng Diyos, gusto nilang makibahagi rito, at kapag nakikita nilang nagdodonate ng mga damit ang mga kapatid, hindi mahalaga kung karapat-dapat ba sila o dapat ba silang magkaroon nito, sinusubukan nilang makuha ito, mas maagap na kumikilos kaysa sa sinuman; kapag nababalitaan nila na may

trabaho ang sambahayan ng Diyos na kinakailangang gawin o na mayroong ilang marumi o nakakapagod na trabaho na kailangang gampanan, agad silang nagtatago at hindi mo sila makita kahit saan. Ang mga gayong tao ay tuso at madaya, mababa ang karakter—kalait-lait, kamuhi-muhi, at kasuklam-suklam sila!

Sa paggamit ng iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo sa kanilang paglulustay sa mga pag-aari ng sambahayan ng Diyos para himayin ang kanilang pag-aalala sa kanilang sariling mga pakinabang sa bawat aspekto, makikita natin na ang mga taong ito ay mga hindi mananampalataya, sila ay mga materyalista, mga taong kalait-lait, mababa, at may hamak na karakter, kasuklam-suklam, at hindi mga tao na ililigtas ng Diyos. Ang depinisyon sa mga gayong tao ay hindi na kailangang ikategorya bilang tutol sa katotohanan; makikilatis na natin sila sa pamamagitan ng kanilang pagkatao at karakter, kaya't hindi na kailangan na itaas pa ito nang husto sa antas na may kinalaman sa katotohanan. Samakatwid, sa sambahayan man ng Diyos o sa anumang grupo ng mga tao, ang mga gayong tao ay palaging ang pinakamabababa at pinakakulang sa karakter. Siyempre, kung susukatin sila sa sambahayan ng Diyos gamit ang katotohanan, lalo silang magmumukhang kalait-lait at mababa. Mayroon pa ba kayong mga halimbawa ng ganitong pagpapamalas na ipinapakita ng mga anticristo? (Isang anticristo ang nag-aasikaso sa pag-imprenta ng mga aklat para sa sambahayan ng Diyos, at nilustay niya ang daan-daang libong yuan ng mga handog sa Diyos sa pamamagitan ng huwad na pag-a-account. Matapos siyang maimbestigahan, natuklasan na bago siya nagsimula sa paggawa ng tungkuling ito, napakakaunti lang ng pera ng kanyang pamilya, ngunit pagkatapos niyang simulan ang tungkuling ito, nakabili siya ng bahay at kotse, pero hindi makita ang mga bagay na ito sa mga account. Talagang malulupit ang kanyang buong pamilya, at kaya, hindi na mababawi ang mga handog.) Hindi ba't may direktang pananagutan ang mga lider at manggagawa sa pangyayaring ito? (Oo. Kalaunan, nang mas maraming detalye na ang naisawalat, natuklasan na hindi kailanman tiningnan ng mga lider at manggagawa na may pananagutan noong panahong iyon ang mga account na pinamahalaan ng anticristong ito. Naging pabaya sila sa kanilang responsabilidad, at ang sitwasyon ay sanhi ng kanilang pagkairesponsable. Tiyak na sila ay may direktang pananagutan.) Kaya, dapat bang itala ang kanilang mga pagsalangsang sa talaang-aklat ng Diyos? (Oo.) Paano pinangasiwaan ang mga taong ito pagkatapos ng pangyayari? (Ang ilan ay inalis at pinatalsik, at ang ilan ay binabayaran ang mga handog.) Ito ay isang angkop na paraan ng pangangasiwa sa kanila. Ang mga lider at manggagawa ay nagpabaya sa kanilang tungkulin at nabigo silang tuparin ang kanilang mga responsabilidad sa pangangasiwa sa bagay na ito. Sa partikular, ginamit nila ang maling tao at hindi sila nagsikap na bantayan o pangasiwaan ang taong ito, hindi nila maagap na natuklasan ang mga problema sa taong ginagamit nila, at kaya, lumitaw ang matitinding kahihinatnan, na nagsanhi ng malaking kawalan sa mga handog sa Diyos at sa mga ari-arian ng sambahayan ng Diyos; pananagutan ito ng lahat ng taong ito na direktang responsable, at dapat na itala ang kanilang mga pagsalangsang. Ito ang masamang kahihinatnan na

idinulot nila sa kanilang sarili sa hindi paggamit ng tamang tao para sa trabaho at nagdulot ito ng kawalan sa sambahayan ng Diyos, at sa huli, ang mga handog sa Diyos ang ibinayad na halaga. Sabihin ninyo sa Akin, palagi bang sakim ang mga anticristo, o lumilitaw lang ba ang masasamang ideyang ito kapag may nakikita silang mahalagang bagay? (Palagi silang sakim.) Ito ang dahilan kung bakit kapag nakikisalamuha at nakikipag-ugnayan kayo sa mga gayong tao, tiyak na matutuklasan ninyo ang kanilang kasakiman at mga pagnanais. Ang kahihinatnang ito ay bunga ng pagiging iresponsable ng mga lider at manggagawa, hindi pagkilatis sa mga tao, hindi malinaw na pagkilala sa mga tao, at maling paggamit ng mga tao, at kaya, naging mabigat ang pananagutan nila at nararapat lang silang patalsikin.

Pinagbahaginan natin dati ang tungkol sa mga pangunahing aspekto ng kalikasan, diwa, at mga disposisyon ng mga anticristo, at ang landas na sinusunod nila. Ang pinagbabahaginan at hinihimay natin ngayon ay ang mga pagpapamalas sa loob ng saklaw ng pagkatao ng mga anticristo, at ito ay kaugnay sa tunay na buhay. Bagama't isa lang itong maliit na aspekto, makakatulong pa rin ito sa mga tao na matukoy ang ilang pagpapamalas ng mga anticristo; ang mga ito rin ay mga partikular na halatang katangian, palatandaan, at simbolo ng mga anticristo. Halimbawa, ang isang anticristo ay mahilig sa katayuan, kasikatan, pakinabang, at impluwensiya, at napakamakasari, kalait-lait, at malupit, at hindi niya minamahal ang katotohanan, kaya kumusta ang kanyang pagkatao at karakter? Sinasabi ng ilan, "Bagama't mahilig ang ilang anticristo sa reputasyon at katayuan, mayroon pa silang marangal at kagalang-galang na mga karakter, at nagtataglay sila ng konsensiya at katwiran." Tama ba ito? (Hindi, hindi ito tama.) Bakit hindi? Huwag na nating pag-usapan kung anong disposisyong diwa mayroon ang mga anticristo; tingnan muna ang kanilang pagkatao at karakter. Tiyak na hindi sila mabubuting tao, hindi sila mga taong may dignidad, konsensiya, o marangal na integridad, lalong hindi sila mga taong nagmamahal sa katotohanan. Kaya ba ng mga taong may ganitong pagkatao na sumunod sa tamang landas? Tiyak na hindi, dahil hindi taglay ng kanilang karakter ang diwang sumusunod sa tamang landas, at kaya, hindi posibleng mamahalin ng mga taong ito ang katotohanan, lalong hindi nila ito matatanggap. Batay sa intensiyon at saloobin kung paano ginagawa ng mga anticristo ang kanilang tungkulin, ang karakter at pagkatao ng mga anticristo ay nagiging sanhi para itakwil at tutulan sila ng mga tao, at higit pa rito, itinataboy sila ng Diyos. Kahit anong tungkulin ang gawin nila, palagi nilang gustong lustayin ang mga pag-aari ng sambahayan ng Diyos, at humingi sa Diyos ng mga gantimpala, pera, gamit, at mga pakinabang. At anong uri ng mga tao ang tingin ng Diyos sa kanila? Tiyak na hindi sila mabubuting tao. Kaya, sa mga mata ng Diyos, paano Niya mismo tinutukoy ang mga gayong tao? Anong pangalan ang ibinibigay Niya sa mga gayong tao? May isang kuwentong nakatala sa Bibliya mula sa Kapanahunan ng Biyaya: Madalas magnakaw si Hudas mula sa bag ng pera, at sa huli ay ginamit siya ng Diyos para magserbisyo—ang ipagkanulo ang Panginoong Jesus. Ipinako ang Panginoong Jesus sa krus, at si Hudas,

na gumampan sa papel ng pagkakanulo sa kanyang Panginoon at mga kaibigan, ay namatay matapos pumutok ang kanyang tiyan. Samakatwid, ang mga taong ito na lumulustay sa mga pag-aari ng sambahayan ng Diyos at nagnanakaw sa mga handog na inialay sa Diyos ay pawang mga Hudas sa paningin ng Diyos, na nagpapahiwatig na pinangalanan ng Diyos ang mga taong ito na Hudas. Bagama't ang mga anticristong kinokondena ngayon bilang mga Hudas ay hindi gumagawa ng mga bagay tulad ng pagkakanulo sa kanilang Panginoon at mga kaibigan gaya ng ginawa ni Hudas, pareho pa rin ang kanilang kalikasang diwa. Ano ang pagkakapareho nila? Sinasamantala nila ang kanilang posisyon at ang pagkakataon sa pagtupad ng kanilang tungkulin para nakawin at lustayin ang mga pag-aari ng sambahayan ng Diyos. Kaya pinangalanan ng Diyos na Hudas ang mga taong ito, at sila ay kapantay ng Hudas na nagkanulo sa kanyang Panginoon at mga kaibigan. Ibig sabihin, ang mga anticristong ito na lumulustay at umaangkin sa mga ari-arian ng sambahayan ng Diyos ay katumbas ng Hudas na nagkanulo sa kanyang Panginoon at mga kaibigan, at hindi na kailangang masyadong pag-isipan pa ang magiging kalalabasan ng mga gayong tao.

2. Paggamit sa mga Kapatid Para Maglingkod at Gumawa Para sa Kanila

Ang mga pakinabang na pinagsusumikapang matamo ng mga anticristo kapag ginagawa nila ang kanilang tungkulin ay hindi limitado sa mga natalakay na natin—pera, mga materyal na bagay, pagkain, at mga gamit na may pakinabang—napakalawak ng saklaw ng mga pakinabang na ito. Halimbawa, kapag gumagawa ng tungkulin ang mga anticristo, sinasamantala nila ang mga kapatid sa ngalan ng paggawa ng tungkuling iyon, ginagamit ang mga kapatid para maglingkod at gumawa para sa kanila, at inuutus-utusan ang mga ito—hindi ba't isa itong pakinabang na pinagsusumikapang matamo ng mga anticristo? (Oo.) Bago pa man maging lider ng iglesia ang ilang tao, sila mismo ang palaging nag-aasikaso sa lahat ng bagay sa kanilang tahanan, at mukha silang walang mga ambisyon o masasamang intensiyon. Gayumpaman, sa sandaling mahalal sila bilang mga lider ng iglesia at magkamit ng katayuan, sila pa rin ba mismo ang nag-aasikaso sa lahat ng bagay? Iniisip nila na naiiba sila kapag nagkamit na sila ng katayuan, na dapat mayroong espesyal na pagtrato sa kanila sa sambahayan ng Diyos, at na dapat nilang matutunan kung paano pakilusin ang “kapangyarihan ng mga masa” para magkatuwang na maisakatuparan ang kanilang sariling “tungkulin”; ang bawat trabaho sa kanilang tahanan ay nagiging gawain na kasama sa saklaw ng iglesia, at ipinapasa nila sa mga kapatid ang mga gawaing-bahay at pang-araw-araw na gampanin. Halimbawa, kapag may trabahong kailangang gawin sa kanilang tahanan, sinasabi nila sa mga kapatid, “Abala ako sa gawain ng iglesia nitong mga nakaraang araw. Mayroon ba sa inyo ang may oras na tulungan ako sa isang trabaho?” Tatlo o limang tao ang nagboboluntaryo at, pagkatapos ng ilang sandali, tapos na ang trabaho. Iniisip ng mga lider na ito na, “Kapag marami ang nagtutulungan, mas magaan ang trabaho. Magandang maging lider, kailangan ko lang magsabi at magagawa na ito. Sa tuwing may kailangan akong gawin sa bahay sa

hinaharap, magpapatulong ako sa mga kapatid.” Habang nagpapatuloy ito, wala silang masyadong natatapos na gawain ng mga lider ng iglesia, subalit napakarami nilang ginagawang pagsasaayos sa mga tao na magtrabaho para sa sarili nilang tahanan, at inilalagay pa nga nila ito sa iskedyul—ganoon sila “kaabala” na mga lider ng iglesia! Wala naman silang gaanong kailangan gawin sa bahay bago sila maging mga lider, ngunit pagkatapos nilang maging lider, napakarami nang trabahong dapat gawin sa bahay. May ilang kapatid na nagtatanim para sa kanila, ang ilan naman ay nagdidilig ng lupa para sa kanila, ang ilan ay nagtatanim ng mga gulay para sa kanila, ang ilan ay nagbubunot ng damo, ang ilan ay naglalagay ng pataba, at ang ilan ay tumutulong sa kanila sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga gulay at pagkatapos ay ibinibigay sa kanila ang lahat ng perang kinikita, walang itinatabi ang mga kapatid na kahit isang kusing para sa kanilang sarili. Pagkatapos nilang maging mga lider ng iglesia, umuunlad ang buhay sa kanilang tahanan; anuman ang ginagawa nila, palagi silang sinusupportahan at tinutulungan ng mga tao, at napakabisa ng bawat salita nila. Labis silang natutuwa at nasisiyahan, at lalo nilang iniisip na, “Maganda ang titulong ito na lider ng iglesia, at kamangha-mangha ang magkaroon ng katayuan. Kung magkukulang ako ng pagkain sa bahay, kailangan ko lang magsabi at bibigyan ako ng pagkain ng mga tao, at ni ayaw nilang magpabayad. Napakakomportableng buhay nito! Talagang pinagpapala ako ng diyos dahil sa pananampalataya ko. Ito ay isang malaking pagpapala, at talagang ito ay biyaya ng diyos! Napakadakila ng diyos; salamat sa diyos!” Sa tuwing tapos na ang isang tao sa paglilingkod sa kanila o tapos na nilang mautus-utusan, palagi silang “nagpapasalamat sa diyos” at “tinatanggap ito mula sa diyos.” Kayang gamitin ng mga di-kapansin-pansing lider ng iglesiang ito ang kanilang posisyon hanggang sa ganitong antas—magagawa ba ninyo ito? Makakaya ba ninyong gawin ang ganitong bagay? Bakit nakikipagkompetensiya ang mga tao na maging lider? Bakit sila nakikipagkompetensiya para sa katayuan? Kung walang benepisyong makukuha, may makikipagkompetensiya pa ba para sa katayuan? Kung nakikipagkompetensiya sila para sa katayuan na nangangahulugang magpapakapagod nang husto na parang nagtatrabahong kabayo, wala nang mag-aabala pa. Tiyak na dahil napakaraming benepisyo ang makakamit mula sa pagkakaroon ng katayuan kaya nagpapakahirap ang mga tao para makuha ito at nakikipagkompetensiya para dito. Ang pagiging isang di-kapansin-pansin na lider ng iglesia ay naghahatid sa kanila ng malalaking pakinabang, at ng malalaking kaginhawahan at napakaraming benepisyo sa kanilang buhay—anong klaseng tao ang umaasal nang ganito? Sila ba ay isang taong naghahangad sa katotohanan? Sila ba ay isang taong may pagkatao at konsensiya? Sila ba ay isang taong may-takot-sa-Diyos na puso? (Hindi.) Naniniwala sila na kumikilos sila bilang lider ng iglesia para sa lahat at para sa sambahayan ng Diyos, at hindi nila ito itinuturing bilang isang tungkulin. Naniniwala sila na ang anumang gawaing ginagawa nila bilang lider ng iglesia ay ginawa batay sa pagsasakripisyo nila ng buhay sa kanilang tahanan, kaya dapat tumbasan ng mga kapatid ang halagang ibinabayad nila. Kung wala silang oras na gumawa ng gawaing-bahay, dapat

silang tulungan ng mga kapatid; kung wala silang oras para magtrabaho sa bukid, dapat na pumunta ang mga kapatid sa kanilang bukid at gawin ang trabaho para sa kanila na para bang tungkulin ng mga ito na gawin iyon. Anuman ang kanilang isinakripisyo dahil sa pagiging lider ng iglesia, dapat itong tumbasan nang doble ng kanilang mga kapatid. Ito ang ilan sa mga bagay kung paano ginagamit ng mga anticristo ang mga kapatid para paglingkuran sila ng mga ito at utusan ang mga kapatid na gumawa para sa kanilang personal na buhay habang ginagawa nila ang kanilang tungkulin. Sa sandaling maging lider ang isang anticristo, tiyak na hindi niya palalampasin ang gayong pagkakataon at tiyak na hindi siya hahayaang makawala sa kanyang mga kamay ang mga benepisyong ito. Sa halip, mismong kabaligtaran ang ginagawa niya: Ginagamit niya ang bawat sandali at sinasamantala ang bawat pagkakataon para gamitin ang mga kapatid para gumawa para sa kanya, at pagtrabahuhin ang mga ito na parang mga kalabaw. Sinasamantala niya ang kahangalan at pagkamatapat ng mga kapatid, at sinasamantala pa nga niya ang mentalidad ng mga kapatid na handang gumawa ng kanilang mga tungkulin at magbayad ng halaga para sa Diyos, para pagsilbihan siya ng mga ito. Samantala, nagkukunwari din siya na ang ilang salita ay ang katotohanan at ginagamit niya ang mga ito para turuan ang mga kapatid, para matuto ang mga ito sa ideya na: Ang mga lider ay tao rin, may mga pamilya rin, at may sarili rin silang buhay, at kung walang oras ang isang lider para asikasuhin ang kanyang mga gawaing-bahay, dapat ituring ng mga kapatid na sariling tungkulin nila ang mga ito; hindi na dapat nila kailangang hintayin ang lider na utusan silang gawin ang mga bagay na ito, kundi dapat ay aktibo at boluntaryo nilang ginagawa ang mga bagay na ito na hindi kayang gawin ng lider. Maraming kapatid ang kusang naglilingkod sa mga lider sa ilalim ng ganitong uri ng pangkukulam at pang-aakit. Ito ang pakay na nais makamit ng mga anticristo sa pamamagitan ng pag-angkin ng kapangyarihan at katayuan, at ito ang isa sa mga gampaning nais nilang isakatuparan at isa sa mga pakinabang na nais nilang pagsumikapan sa pag-angkin ng kapangyarihan at katayuan. Marami bang ganitong tao? (Oo.) Ang mga taong ito ay mga Satanas. Kayang gawin ng mga taong walang katotohanan at hindi sumusunod sa tamang landas ang mga gayong bagay, kahit na may napakaliit na katayuan lang sila—kaawa-awa ba ang mga taong ito? Ano ang tingin ninyo sa kanilang karakter? Mayroon ba silang anumang konsensiya o katwiran?

Sa ilang iglesia, may mga kapatid na hindi karaniwang naninirahan sa sarili nilang tahanan, sa halip ay naninirahan sila sa bahay ng lider ng kanilang iglesia sa loob ng mahabang panahon. Bakit madalas silang tumitira sa bahay ng kanilang lider? Dahil simula nang tanggapin ng lider ang posisyon na “lider,” nangailangan na ang bahay nito ng pangmatagalang kasambahay. Pinipili niya ang isang sister, at ang sister na ito ang nagiging dedikadong kasambahay para sa bahay ng lider. Nagiging kasambahay ang sister na ito, at kaya, naging ano na ang kanyang tungkulin? Hindi niya ginagawa ang gawaing responsabilidad niya o ang gawaing may kinalaman sa iglesia, sa halip ay pinaglilingkuran niya ang buong pamilya ng lider sa kanilang pang-araw-araw na buhay,

at pakiramdam niya ay ganap na makatwiran para sa kanya na asikasuhin ang mga gawaing-bahay para sa lider, at wala siyang anumang reklamo o kuru-kuro tungkol dito. Sino ang problema rito? Kahit gaano pa karaming gawain ang kailangang gawin ng isang lider ng iglesia o gaano man karaming tao ang pinangungunahan niya, talaga bang sobrang abala siya? Talaga bang hindi siya makaraos sa kanyang pang-araw-araw na buhay? Kahit na hindi niya kaya, sariling problema na niya iyon. Ano ang kinalaman nito sa iba? Kung ang mga kapatid ay pabaya o walang ginagawa, ang mga lider na ito ay sinusungitan sila at sinasamantala ang pagkakataong ito para “magbahagi tungkol sa katotohanan” sa kanila, at dahil sa usaping ito, napupungusan ang mga kapatid—ano ang nangyayari dito? Kapag marumi ang kubrekama sa bahay ng lider, kailangang labhan ito ng mga kapatid, kapag magulo ang kanyang bahay, kailangang linisin ito ng mga kapatid, at kailangang magluto ng mga kapatid tuwing oras ng kainan; ang mga lider na ito ay nagiging tamad, at ganito sila kumilos bilang lider. Kapag may mga ganitong pagpapamalas at ganitong uri ng pagkatao ang mga gayong tao, kaya ba nilang hangarin ang katotohanan? (Hindi.) Bakit hindi? (Ang mga gayong tao ay lubhang walang pagkatao at napakakasuklam-suklam. Hindi talaga sila interesado sa katotohanan.) Kung hindi sila interesado sa katotohanan, bakit sila nagiging lider? (Ginagawa nila ito para hangarin ang reputasyon at katayuan, at para ipangalandakan ang kanilang sarili.) Hindi ninyo ito maipaliwanag nang malinaw, hindi ba? Anong uri ng mga tao ang kayang samantalain ang mga kapatid para gumawa at maglingkod sa kanila? Hindi ba’t isa ito sa mga halatang katangian ng mga anticristo? Ang paghahanap lamang ng kanilang sariling mga pakinabang sa lahat ng bagay, ang pag-aalala lamang sa kanilang sariling pakinabang at kawalan, at hindi pagsasaalang-alang kung ang pagkilos sa ganitong paraan ay umaayon sa katotohanan, kung may pagkatao ba rito, kung nalulugod ba rito ang Diyos, kung kapaki-pakinabang o nakapagpapatibay ba ito sa mga kapatid—hindi nila isinasaalang-alang ang mga bagay na ito, kundi isinasaalang-alang lamang nila ang kanilang sariling pakinabang at kawalan, at kung maaari ba silang makakuha ng mga nahahawakang benepisyo. Ito ang landas na sinusunod ng mga anticristo, at ito ang karakter ng mga anticristo. Ito ay isang uri ng taong nagtataglay ng katayuan. Ang ilang tao ay walang katayuan at gumagawa ng mga karaniwang tungkulin, at kapag nagkamit sila ng ilang kalipikasyon, nais din nilang paglingkuran sila ng iba. Ang ilang tao ay gumagawa ng ilang mapanganib na tungkulin at nais din nilang utusan ang iba na paglingkuran sila. May ilan din na gumagawa ng mga espesyal na tungkulin at itinuturing nila ang kanilang mga tungkulin bilang isang pangunahing kondisyon, isang alas, at isang uri ng kapital para paglingkuran sila ng mga kapatid. Halimbawa, ang ilang tao ay marunong ng mga espesyal na propesyonal na kasanayan na hindi natutunan o naarok ng iba. Kapag nagsimula silang gumawa ng tungkulin sa sambahayan ng Diyos na may kaugnayan sa mga propesyonal na kasanayang ito, iniisip nila na naiiba sila sa ibang tao, na inilalagay sila sa isang mahalagang posisyon sa sambahayan ng Diyos, na nasa mas matataas na antas na sila ngayon, at lalo na nilang nararamdaman na dumoble ang

kanilang halaga, at na kagalang-galang sila. Dahil dito, iniisip nila na may mga partikular na gampanin na hindi sila mismo ang kailangang gumawa, na natural lang na utusan ang iba na paglingkuran sila nang walang bayad pagdating sa mga pang-araw-araw na gampanin tulad ng paghahatid sa kanila ng pagkain o paglalaba ng kanilang mga damit. Mayroon pa ngang ilan na ginagamit ang dahilan na abala sila sa kanilang tungkulin para ipagawa sa mga kapatid ang kung ano-ano para sa kanila. Bukod sa mga bagay na talagang kailangang sila mismo ang gumawa, ipinapagawa nila sa ibang tao ang lahat ng iba pang bagay na maaari nilang ipagawa sa iba o iutos sa iba na gawin. Bakit ganito? Iniisip nila, “May kapital ako, kagalang-galang ako, isa akong bihirang talento sa sambahayan ng diyos, espesyal ang tungkuling ginagawa ko, at isa akong pangunahing tumatanggap ng paglilinang ng sambahayan ng diyos. Wala sa inyo ang kasinggaling ko, lahat kayo ay nasa mas mababang antas kumpara sa akin. Kaya kong gumawa ng espesyal na kontribusyon sa sambahayan ng diyos, at hindi ninyo iyon kaya. Kaya, dapat lang ninyo akong paglingkuran.” Hindi ba’t labis-labis at walang kahihyan ang mga hinihinging ito? Lahat ay nagkikimkim ng mga ganitong hinihingi sa puso nila, ngunit siyempre, walang awa at walang kahihyang hinihingi ng mga anticristo ang mga bagay na ito nang mas higit pa, at kahit gaano ka magbahagi sa kanila tungkol sa katotohanan, hindi nila isusuko ang mga ito. Ang mga ordinaryong tao ay nagtataglay rin ng mga pagpapamalas na ito ng mga anticristo, at kung mayroon silang kaunting talento o nakagawa sila ng kaunting kontribusyon, iniisip nila na karapat-dapat silang magtamasa ng espesyal na pagtrato. Hindi nila nilalabhan ang kanilang sariling mga damit at medyas at ipinapagawa nila ito sa iba, at gumagawa sila ng ilang hindi makatwirang kahilingan na lumalabag sa pagkatao—lubha silang walang katwiran! Ang mga ideya at hinihinging ito ng mga tao ay wala sa loob ng saklaw ng pagkamakatwiran; kung titingnan mula sa pinakamababang antas, hindi umaayon ang mga ito sa mga pamantayan ng pagkatao at konsensiya, at sa pinakamataas na antas, hindi umaayon sa katotohanan ang mga ito. Ang mga pagpapamalas na ito ay maaaring isama lahat sa kategorya ng mga anticristong nagsusumikap para sa kanilang sariling mga pakinabang. Kayang gawin ng lahat ng nagtataglay ng mga tiwaling disposisyon ang mga bagay na ito, at nangangahas din silang gawin ang mga ito. Kung ang isang tao ay may kaunting talento at kapital at gumawa ng ilang kontribusyon, nais na niyang samantalahin ang iba, nais niyang gamitin ang pagkakataon na magawa ang kanyang tungkulin para magsumikap para sa kanyang sariling mga pakinabang, nais niya na nakahanda ang mga bagay-bagay para sa kanya at magtamasa ng kaligayahan at pagtrato na mula sa pag-uutos niya sa iba na paglingkuran siya. Mayroon pa ngang ilan na tinatalikuran ang kanilang mga pamilya at trabaho para gawin ang kanilang tungkulin, at sa panahong ito, nagkakaroon sila ng magaang karamdaman at dahil dito, nagiging emosyonal sila, at nagrereklamo na walang nagmamalasakit sa kanila o nag-aalaga sa kanila. Ginagawa mo ang iyong tungkulin para sa iyong sarili, ginagawa mo ang iyong sariling tungkulin at tinutupad ang iyong sariling responsabilidad—ano ang kinalaman nito sa ibang tao? Anuman ang

tungkuling ginagawa ng isang tao, hindi ito kailanman ginagawa para sa iba o para paglingkuran ang iba, at kaya, walang obligasyon ang sinuman na paglingkuran ang iba nang walang kabayaran o na mapag-utus-utusan ng iba. Hindi ba't totoo ito? (Oo.) Bagama't hinihingi ng Diyos na maging mapagmahal ang mga tao, at na maging mapagpasensiya at matiisin sa ibang tao, hindi mo maaaring personal na hilingin sa iba na maging ganito, at hindi iyon makatwiran. Kung ang isang tao ay kayang maging matiisin at mapagpasensiya sa iyo at ipakita sa iyo ang pagmamahal nang hindi mo ito hinihingi, nasa sa kanya na iyon. Gayumpaman, kung pinaglilingkuran ka ng mga kapatid dahil hinihingi mo ito sa kanila, kung sila ay sapilitang inuutus-utusan at sinasamantala mo, o kung naglilingkod sila sa iyo dahil sa panlalansi mo sa kanila, kung gayon, may problema sa iyo. Sinasamantala pa nga ng ilan ang oportunidad na gawin ang kanilang tungkulin at madalas nila itong ginagamit bilang dahilan para makapangikil ng mga bagay mula sa ilang mayamang kapatid, nagpapabili sa mga kapatid ng kung ano-ano at nagpapaserbisyo sa mga ito. Halimbawa, kung kailangan nila ng karagdagang damit, sinasabi nila sa isang kapatid, "Marunong kang magtahi ng damit, hindi ba? Magtahi ka nga ng damit para sa akin." Sinasabi ng kapatid na iyon, "Kung gayon, maglabas ka ng pera. Bumili ka ng materyales at igagawa kita ng damit." Hindi nila inilalabas ang kanilang pera, bagkus ay pinipilit nila ang kapatid na bumili ng materyales para sa kanila—hindi ba't mapanlinlang ang kalikasan ng kilos na ito? Ang pagsamantala sa ugnayan sa mga kapatid, pagsamantala sa kanilang sariling kapital, pagsamantala sa pagkakataon na magawa ang kanilang tungkulin upang humingi ng iba't ibang serbisyo at pagtrato mula sa mga kapatid, upang utusan ang mga kapatid na gumawa para sa kanila—mga pagpapamalas ang lahat ng ito ng mababang karakter ng mga anticristo. Makapaghahangad ba ng katotohanan ang mga gayong tao? Maaari kaya silang magbago kahit kaunti? (Hindi.) Sa pakikinig sa Akin na magbahagi nang ganito, marahil ay mapagtatanto ng ilang tao na masamang gawin ang mga bagay na ito at magagawa nilang pigilan nang kaunti ang kanilang sarili, ngunit ang pagpigil ba sa kanilang sarili ay katumbas ng kakayahang hanapin at isagawa ang katotohanan? Ang pagpigil sa sarili ay pagkakaroon lang ng pagkatanto, at pagsasaalang-alang sa imahe at banidad. Matapos Akong marinig na gumawa ng paghihimay na ito, nakikita ng mga taong ito ang kalubhaan ng problema at napagtatanto na hindi na sila maaaring muling magkamali, at na malalantad at itatakwil sila kung tutulutan nila ang mga kapatid na kilatisin sila. Ang pagkatanto nila ay umaabot lamang hanggang sa puntong ito, ngunit hindi maalis sa puso nila ang kanilang mga pagnanais at kasakiman.

Iniisip ng ilang tao, "Nagsusumikap ako para sa sambahayan ng diyos, napakarami kong nagawang kontribusyon sa sambahayan ng diyos, at gumagawa ako ng isang tungkulin na kung saan ay walang makakapalit sa akin. Kapag mayroon akong mga pangangailangan, tungkulin ng mga kapatid at ng sambahayan ng diyos na tulungan ako para matugunan ang aking mga hinihingi. Sa lahat ng pagkakataon, dapat silang maglingkod sa akin nang walang kondisyon at nang walang kabayaran." Hindi ba't

kahiya-hiya ang ganitong pag-iisip? Hindi ba't isa itong pagpapamalas ng mababang karakter? Halimbawa, lahat ay nagkakasakit minsan, pero kapag nagkasakit ang ilang tao, hindi sila nag-iikot-ikot para ipagsabi ito sa iba, kundi patuloy nilang ginagawa ang kanilang mga tungkulin gaya ng nararapat. Walang nakakaalam o nagmamalasakit sa kanila, at hindi sila lihim na nagrereklamo o nagpapaliban ng kanilang mga tungkulin. Subalit may ilang tao na nagpapanggap na may sakit kahit wala naman, kumikilos sila na parang mga emperatris o maharlika, ginagawa ang lahat ng paraan para pagsilbihan sila ng mga tao, at ginagawa ang lahat ng posibleng paraan para makakuha ng espesyal na pagtrato. Nagpapanggap sila na may sakit kahit wala naman, at kung sakaling magkasakit nga sila, mas lalong nakayayamot iyon, sapagkat walang nakakaalam kung ilang tao ang magdurusa sa kanilang mga kamay at uutus-utusan nila. Isang kamalasan para sa lahat kapag nagkasakit ang gayong tao; may ilan na nagluluto ng sopas ng manok para sa kanila, may ilan na nagmamasaha sa kanila, may ilan na nagpapakain sa kanila, at may ilan na tumutulong sa kanila na makalakad—hindi ba't maraming tao ang nagdurusa? (Oo.) Sa simula ay isang ordinaryo at magaang sakit lamang ito, pero kailangan nilang magpanggap na ito ay isang malubha at nakamamatay na sakit—bakit kailangan nilang magpanggap? Ginagawa nila ito para malansi ang mga kapatid na magserbisyo sa kanila, na pagsilbihan at paglingkuran sila. Hindi ba't kahiya-hiya ang mga taong ito? (Oo.) Marami bang tao ang ganito? Hindi ba't lahat kayo ay ganito? (Hindi ko pa ito napapansin sa aking sarili.) Kung hindi pa ninyo ito napapansin, pinatutunayan lang nito na karaniwang hindi ninyo sinusuri ang inyong pag-uugali sa inyong pang-araw-araw na buhay, hindi ninyo sinusuri ang inyong mga kaisipan at kalikasang diwa, at hindi ninyo tinatanggap ang pagsisiyasat ng Diyos. Ang ilang tao ay medyo mas napapagod habang ginagawa ang kanilang tungkulin at nababawasan nang kaunti ang kanilang tulog sa gabi, at pinapalabas nilang isa itong napakahirap na sitwasyon. Pagkagising nila kinaumagahan, nagrereklamo sila, “Hindi ako nakatulog kahit sandali kagabi. Sobrang abala ako sa tungkulin ko nitong nakaraang ilang araw, kaya sa sobrang pagod ko ay hindi ako makatulog. Bilisan mo at maghanap ka ng magmamasaha sa akin!” Sa katunayan, anim na oras silang natulog. Anumang isyu ang mayroon sila, palagi nila itong isinisisi sa kanilang tungkulin; kung pagod sila, nagdurusa, o may sakit at hindi komportable, palagi nilang isinisisi ang mga bagay na ito sa kanilang tungkulin. Bakit nila sinisisi ang kanilang tungkulin? Para lang makamit ng mga benepisyo, makuha ang simpatiya ng lahat, at nang sa gayon ay may katwiran silang utusan ang mga tao na paglingkuran at pagsilbihan sila. Anong klaseng mga tao ang ganito na palaging gustong umasta na parang mga emperador at emperatris at palaging pinapaglingkod ang iba sa kanila? Ang mga taong ito ay mababa ang karakter at kasuklam-suklam sila. Kapag medyo masama ang pakiramdam ng ilang tao, at paminsan-minsan ay hindi sila makakain, pinalalabas nila na sobrang malubha ito, gumagawa sila ng malaking eksena, at kaagad na naghahanap ng magmamasaha sa kanila. Kapag medyo nasaktan sila sa pagmamasaha, humihiyaw sila at sumisigaw nang malakas, ang ibig sabihin ay: “Kahit

sa pagpapamasahe ay nahihirapan pa rin ako. Kung hindi ako gagantimpalaan ng diyos at gagawing perpekto, talagang malulugi ako!” Kapag nagtitiis sila ng kaunting paghihirap at nagbabayad ng kaunting halaga, nais nila itong i-anunsiyo sa buong mundo para malaman ito ng lahat ng nasa lupa. Hindi ba’t ginagawa mo ang iyong tungkulin para sa iyong sarili? Hindi ba’t ginagawa mo ang iyong tungkulin sa harap ng Diyos? Bakit mo pa ina-anunsiyo ang iyong paghihirap sa mga tao? Hindi ba’t paimbabaw iyon? Ang mga ganitong tao ay mababa ang karakter at sobrang kasuklam-suklam! Sa ano pang ibang paraan sila mababa? Nagpapakita rin sila ng ilang espesyal na kinagawian at kakaibang ugali, umaasang malaman ng mga tao na naiiba sila sa lahat, at na napakahalaga nila at kinakailangang labis na alagaan at protektahan. Halimbawa, kapag may nagsabing wala siyang ganang kumain at hindi makakain ng kahit ano, agad na napapahawak ang isang taong tulad nito sa kanyang tiyan at sasabihing masakit din daw ang kanyang sikmura, pero patuloy siyang gumagawa ng kanyang tungkulin, at inuutusan niya ang isang tao na magmadali at dalhan siya ng gamot para sa sikmura. May isang tao rin na sinabihan Ko ng, “Kita mo, kaunti lang ang kaya Kong kainin, at sensitibo ang tiyan Ko sa malalamig na pagkain at inumin.” Nang marinig ng taong ito ang sinabi Ko, sumagot siya, “Sensitibo ang tiyan mo sa malalamig na pagkain? Ganoon din ako.” Sabi Ko, “Bakit sensitibo ang tiyan mo sa malalamig na pagkain?” Sabi niya, “Kapag nakakakain ako ng malalamig, sumasakit ang tiyan ko; sensitibo ito sa malalamig na pagkain.” Habang sinasabi niya ito, binalatan niya ang isang saging at nilamon ito sa ilang kagat lang. Sabi Ko, “Tiyak na talagang di-kapani-paniwalang sensitibo ang tiyan mo sa malalamig na pagkain, dahil ang bilis mong nilamon ang saging na iyan sa ilang kagat lang. Talaga bang sensitibo ang tiyan mo sa malalamig na pagkain?” Hindi ba’t walang kahihyan at walang pagkamakatwiran ang mga gayong tao? Kung ang isang tao ay walang pagkamakatwiran at walang pakiramdam ng kahihyan sa kanyang normal na pagkatao, hindi talaga siya tao, kundi isang hayop. Ang mga hayop ay hindi nakakaunawa sa katotohanan, at wala silang integridad, dignidad, konsensiya, at katwiran ng normal na pagkatao. Dahil walang kahihyan o dignidad ang mga taong ito, kapag gumagawa sila ng kaunting tungkulin at nagtitiis ng kaunting paghihirap, gusto nila itong i-anunsiyo sa buong mundo para kilalanin ng lahat ang kanilang mga pagsisikap, para tingalain sila nang may sariwang paghanga, at para bigyan sila ng Diyos ng espesyal na pagtrato, tratuhin silang mabuti at pagpalain ng Diyos. Kasabay nito, kailangang may isang tao na maglingkod agad sa kanila, tumugon sa kanilang mga hinihingi, at palaging handa sa kanilang utos. Kapag nauuhaw sila, kailangang may magsalin ng tsaa para sa kanila; kapag nagugutom sila, kailangang may maghain ng pagkain para sa kanila. Dapat palaging may isang taong naglilingkod sa kanila, gumagawa sa kanilang iniutos, at tumutugon sa kanilang mga pangangailangan. Para bang ang kanilang laman ay ipinanganak para sa ibang tao, at likas na kailangan nila ng isang tao na maglilingkod sa kanila; para bang wala silang abilidad na alagaan ang kanilang sarili kung walang maglilingkod sa kanila, at para silang may kapansanan. Kapag wala silang mapagsabihan

kung ano ang gagawin, o sinuman na mapag-utusan para gumawa at maglingkod sa kanila, nakakaramdam sila ng pagkalumbay at kahungkagan, at na walang kabuluhan o pag-asa ang buhay. Kapag nakahanap sila ng pagkakataon at dahilan para utusan ang iba na maglingkod at magsilbi sa kanila, nasisiyahan at natutuwa sila, na parang nakatungtong sila sa alapaap. Iniisip nila na ganito kaganda ang buhay, ganito kaganda ang pananalig sa Diyos, na ito ang ibig sabihin ng pananalig sa Diyos, at na ganito dapat manampalataya sa Diyos ang isang mananampalataya. Ang pagkakaintindi nila sa isang tungkulin ay na tungkol ito sa pagsusumikap at pagtupad ng kanilang mga responsabilidad batay sa pagkakaroon ng iba na maglilingkod sa kanila at sa pagiging malayang makapag-utos sa iba—ito ang kanilang tungkulin. Naniniwala sila na dapat palagi silang makatanggap ng gantimpala sa kanilang tungkulin, na dapat palagi silang may nakukuha at nagsisikap na may makuha. Kung hindi pera o materyal na bagay, sinusubukan nilang makakuha ng kasiyahan at kaligayahan ng laman, at sa pinakamababa, dapat nasa kalagayan ng kasiyahan at kaginhawahan ang kanilang laman, at pagkatapos ay magiging masaya sila, magkakaroon sila ng enerhiya na gawin ang kanilang tungkulin, at magagawa nila ito nang may katapatan. Mayroon bang baluktot na pagkaunawa sa katotohanan ang mga gayong tao, o sadya bang hindi nila tinatanggap ang katotohanan dahil sa kanilang mababang karakter? (Mayroon silang mababang karakter, kaya hindi nila tinatanggap ang katotohanan.) Ang mga taong ito ay ganap na mga hindi mananampalataya, sila ang mga supling ng mga anticristo, at ang pagsasakatawan ng mga anticristo.

May ilang aktor sa sambahayan ng Diyos na nasiyahan sa pagganap at nagustuhan nila ang propesyon ng pag-arte noong sila ay nasa labas sa mundo, pero hindi nila nakamit ang kanilang mga ambisyon doon. Ngayon, pumarito na sila sa sambahayan ng Diyos at sa wakas ay natupad na ang kanilang mga kahilingan: Maaari silang magtrabaho sa propesyong gusto nila, ang puso nila ay puno ng di-mailarawang kagalakan, at kasabay nito, nagpapasalamat sila sa Diyos sa pagbibigay sa kanila ng oportunidad na ito. Isa sa mga taong ito ang nauwing masuwerteng nakakuha ng pangunahing papel, at pagkatapos, pakiramdam niya ay isa siyang tao na may posisyon at halaga, at na dapat mayroon siyang gawin alang-alang sa kanyang posisyon at halaga. Tinitingnan niya kung ano ang ginagawa ng mga sikat na tao at mga artista sa mundo, kung paano umaarte ang mga ito, kung ano ang estilo ng mga ito, at kung anong uri ng pamumuhay mayroon ang mga ito, at ginagaya at tinutularan niya ang mga ito, naniniwala na pamumuhay ito nang may kalidad at karangalan. Kaya, mula nang makuha niya ang pangunahing papel at naging isang “bituin,” nagsimula siyang magmayabang. Gaano siya kayabang? May isang maliit na insidente minsan na maaaring makapagpaliwanag sa problemang ito. Nang handa na ang lahat sa crew na magsimulang kunan ang eksena, ang kilay ng partikular na “bituin” na ito ay hindi naiguhit nang maayos, at kinailangan ng lahat na hintayin siya, nakasentro sa kanya, at pagsilbihan siya. Lumipas ang sampung minuto, at saka dalawampung minuto, at pakiramdam ng bituin na hindi

naiguhit nang maayos ang kanyang kilay, kaya pinabura niya ito sa make-up artist at ipinaguhit muli. Isang oras ang lumipas, at hinihintay ng lahat ng cast at crew ang “bituin” na ito na maiguhit nang maayos ang kilay nito bago sila makapagsimulang kunan ang eksena—kailangang pagsilbihan at nakasentro ang lahat sa taong ito. Anong klaseng tao ito? Normal ba siyang tao? Siya ba ay isang taong may pagkatao? Hindi. Siya ay isang tao mula sa kampo ni Satanas, siya ay kay Satanas, at siya ay hindi tao ng sambahayan ng Diyos. Mayroon bang mga bituin sa sambahayan ng Diyos? Walang mga bituin sa sambahayan ng Diyos, mga kapatid lamang; mayroon lamang iba’t ibang tungkulin, walang kaibahan sa pagitan ng mga mataas o mababang posisyon. Kaya, sa anong batayan pinapahintay ng taong ito ang mga kapatid? Isang bagay ang tiyak, akala niya ay mas importante siya kaysa sa ibang tao, na ang kanyang tungkulin ay mas mabigat kaysa sa tungkulin ng iba, na ang pagtatanghal ay hindi maaaring makunan kung wala siya, at na kung wala siya, magiging walang silbi ang paggawa ng ibang tao sa kanilang mga tungkulin. Kaya ang lahat ay kailangang maglingkod sa kanya, magbayad ng halaga, at magpasensiya sa paghihintay sa kanya, at walang dapat magreklamo. Bukod sa kawalan ng pagkatao, saan kinukuha ng mga ganitong tao ang mga prinsipyo sa pagkilos nang ganito? Nanggagaling ba sa katotohanan at mga salita ng Diyos ang mga prinsipyo nila, o nanggagaling sa mga tiwaling disposisyon ng tao? (Sa mga tiwaling disposisyon ng tao.) Hindi lang may mga tiwaling disposisyon ni Satanas iyong mga nanggagaling sa kampo ni Satanas, kasuklam-suklam din ang kanilang mga kilos, pag-uugali, at mga pagpapamalas sa loob ng mga grupo ng tao. Bakit sila kasuklam-suklam? Palagi nilang gustong kontrolin ang sitwasyon, manipulahin ang ibang tao, at patutukin ang ibang tao sa kanila at sila ang maging pinakasentro ng atensiyon. Sa paggawa nito, malinaw na inilalagay nila ang kanilang sarili sa isang posisyon na mas mataas kaysa sa lahat; gusto nilang mangibabaw at kontrolin ang lahat. Ito ba ay isang bagay na dapat gawin ng mga tao? (Hindi.) Sino ang gumagawa nito? (Si Satanas.) Ito ay isang bagay na ginagawa ni Satanas. Sa mga katotohanan kung saan hinihingi ng Diyos sa mga tao na gawin ang kanilang mga tungkulin, mayroon bang anumang hinihingi sa mga tao na panghawakan ang sitwasyon at kontrolin ang mga kaisipan at pag-uugali ng lahat habang ginagawa ang kanilang mga tungkulin? (Wala.) Kung gayon, saan ito nagmumula? Ipinanganak ang mga tao na may ganitong satanikong kalikasan. Ang mga tao ay mga Satanas at taglay nila ang kalikasang ito simula nang sila ay isilang. Hindi na nila kailangang matutunan ito, hindi nila kailangan ang sinuman na ituro ito sa kanila, at paano ka man makipagbahaginan sa kanila sa katotohanan, hindi nila bibitiwan ang bagay na ito. Mayroon ding isang tao na may ilang hibla ng buhok ang hindi naayos bago siya sumampa sa entablado para magtanghal. Mukha namang maayos ang kanyang hitsura, pero ayaw niyang umakyat sa entablado para magtanghal sa saktong oras; kahit ano pang panghihikayat sa kanya ng mga kapatid, wala pa ring nangyari. Itinuturing niya ang kanyang sarili bilang isang bituin, bilang isang nangungunang liwanag; pinagbayad niya ng halaga at pinagugol ng oras ang lahat para lang sa ilang

hibla ng buhok na ito, at kailangang siya lang ang paglingkuran ng lahat. Ito ba ay isang pagpapamalas na dapat taglayin ng isang taong may normal na pagkatao? Ano ang kalikasan ng kilos na ito? Hindi ba't nagyayabang siya? Hindi siya nagpapakaresponsible at bingi siya sa anumang katwiran. Para sa kanya, hindi kasinghalaga ng sa kanya ang tungkulin ng iba, at kailangan siyang pagsilbihan ng lahat. Iniisip niya, "Kung aabutin ng isang buong araw para ma-blow-dry ang dalawang hibla ng buhok na ito, kailangan ninyo akong hintayin ng isang buong araw; kung aabutin ng dalawang araw, kailangan ninyo akong hintayin ng dalawang araw; at kung aabutin ng habambuhay, kailangan ninyo akong hintayin ng habambuhay. Ano ba ang mayroon sa gawain at mga interes ng sambahayan ng diyos—ang mga interes ko ang mauuna! Kung hindi ko mabo-blow-dry nang maayos ang buhok ko, hindi ba't masisira ang imahe ko kapag humarap ako sa kamera? Napakahalaga ng imahe ko. Walang saysay ang mga interes ng sambahayan ng diyos!" Anong klaseng taong ito? Sasabihin din ng ganitong uri ng tao na, "Mahal ko ang diyos, nagpapatotoo ako sa diyos, ginagawa ko ang tungkulin ko para sa diyos, at tinatalikuran ko ang lahat." Hindi ba't kasinungalingan ang lahat ng ito? Ni hindi nga niya kayang bitiwang ang isang bagay tulad ng pagbo-blow-dry ng isa o dalawang hibla ng buhok, kaya ano ba ang kaya niyang bitiwang? Ano ang kaya niyang talikuran? Peke ang lahat ng kanyang pagtalikod sa mga bagay-bagay! Ang mga ganitong tao ay ganap na walang katwiran, wala silang konsensiya, at mababa ang kanilang karakter, at mas lalong wala silang pagmamahal sa katotohanan. Dahil hindi pasok sa pamantayan ang kanilang pagkatao, walang sinuman ang magsasalita ng katotohanan sa kanila, hindi sila karapat-dapat para dito, at hindi pasok sa pamantayan ang kanilang karakter. At sa gayong napakababang pagkatao, hindi ba't ang pakikipag-usap sa kanila tungkol sa katotohanan ay parang pakikipag-usap sa isang baboy o aso tungkol sa katotohanan? Kapag mayroon silang kaunting wangis ng tao at nakakapagsalita gaya ng tao, makikipag-usap ang mga tao sa kanila tungkol sa katotohanan, pero sa ngayon, hindi sila karapat-dapat para dito. Maraming tao ang ganito, medyo marami rin sila. Kaya, bakit hindi nagpapamalas ng mga ganitong bagay ang ilang tao? Ito ay dahil wala pa silang nasunggangang pagkakataon; ito ay dahil lang napakaordinaryo ng kanilang kakayahan at talento, at hindi pa sila nagkaroon ng pagkakataong makilala at hindi pa sila nakapagtamo ng kapital, pero sa puso nila, nagpapakana na sila, ang kanilang mga plano ay binubuo pa lang. Iyon ang dahilan kung bakit hindi pa nila ipinapakita ang ganitong uri ng pagbubunyag. Gayumpaman, ang hindi pagkakaroon ng ganitong pagbubunyag, ay hindi nangangahulugang wala silang ganitong kalikasan. Kung hindi mo hinahangad ang katotohanan at sinusunod mo ang landas ng mga anticristo, sa malao't madali ay darating ang araw na maibubunyag mo ito nang hindi mo namamalayan. Ikaw ay ikaw, at ang kawalan ng pagkatao ay kawalan ng pagkatao; hindi ka maaaring maging isang taong may pagkatao sa pamamagitan ng pagpapanggap o dahil wala kang talento at mababa ang iyong kakayahan. Kaya, iisa lang ang landas: Kapag kayang tanggapin ng isang tao ang katotohanan at tanggapin ang pagpupungos, maaaring bumuti nang

kaunti ang kanyang karakter. Kapag kaya niyang harapin ang mga katunayang ito, tratuhin ang mga katunayang ito nang tama, at pagkatapos ay madalas na magawang suriin at tingnan ang kanyang sariling pag-uugali at kaibuturan ng puso, kung gayon ay maaari siyang mas bumuti at makapagtimpi nang kaunti. Anong layon ang makakamit ng kaunting pagtitimpi? Hindi mo masyadong maipapahiya ang sarili mo, gaganda nang kaunti ang reputasyon mo, hindi masusuklam ang mga tao sa iyo, hindi ka kasusuklaman ng Diyos, at sa ganitong paraan, maaari pang magkaroon ka ng pagkakataong maligtas ng Diyos. Hindi ba't ito ang pinakamababang katwiran na dapat taglayin ng isang tao? Hindi ba't madali para sa isang taong may kaunting konsensiya at katwiran na magsagawa at pumasok nang ganito?

Kapag naririnig ninyo Akong nagsasalita tungkol sa mga gayong tao, medyo gumagaan ang pakiramdam ninyo, pero kung magsasalita Ako tungkol sa ilang tao na kabilang sa inyo, ano ang mararamdaman ninyo? Magiging normal ba ang reaksiyon ninyo? Sasabihin Ko sa iyo, kung gusto niyong makamit ang pagbabago ng disposisyon at makapasok sa katotohanang realidad, kailangan ninyong makapasa sa sunod-sunod na pagsubok. Huwag niyong maliitin ang mga bagay na ito; kung hindi pasok sa pamantayan ang iyong pagkatao, hindi lamang masusuklam sa iyo ang mga kapatid, kundi hindi rin ka gagawing perpekto o ililigtas ng Diyos. Ang mga pinakapangunahing kondisyon para iligtas ng Diyos ang isang tao ay ang magtaglay ang taong iyon ng pagkatao, katwiran, at konsensiya, at dapat marunong siyang mahiya. Kapag ang ganitong tao ay lumapit sa Diyos at narinig ang Kanyang mga salita, tatanglawan, papatnubayan, at gagabayan siya ng Diyos. Ang mga taong walang pagkatao, konsensiya, katwiran, o kahihiyan ay hindi magiging kalipikadong lumapit sa Diyos magpakailanman. Kahit na nakikinig ka sa mga sermon at alam mo ang ilang doktrina, hindi ka pa rin maliliwanagan, kaya't habambuhay kang hindi makakapasok sa katotohanang realidad. Kung hindi ka makakapasok sa katotohanang realidad, madali mong mapagtatanto na wala kang pag-asa na maligtas. Kung nagtataglay ka lang nitong mga pagpapamalas ng mga anticristo at ng disposisyon at diwa ng mga anticristo, at wala kang mga pagpapamalas ng normal na pagkatao na hinihingi ng Diyos na taglayin mo, nasa malaking panganib ka. Kung tumutugma ka sa bawat pagpapamalas at diwang ito ng mga anticristo na inilalantad Ko, kasama na ang kanilang mga kilos at pagbubunyag, kung taglay mo ang mga ito sa iba't ibang antas, kung gayon ay napakamapanganib nito para sa iyo. Kung hindi mo pa rin hinahangad ang katotohanan at hinihintay mo hanggang sa mailarawan ka bilang isang anticristo, magiging katapusan mo na talaga. Alin ang nakamamatay na sakit: Ang pagkakaroon ng diwa ng anticristo o ng anticristong disposisyon? (Ang pagkakaroon ng diwa ng anticristo.) Ganoon ba? (Oo.) Pag-isipan mong mabuti, at saka sumagot muli. (Ang pagkakaroon ng diwa ng anticristo at ng anticristong disposisyon ay parehong nakamamatay na sakit.) Bakit ganoon? (Dahil ang mga taong may diwa ng anticristo ay hindi maghahangad sa katotohanan, at ganoon din ang mga taong may anticristong disposisyon. Kahit anong isyu ang kinakaharap nila, ang mga taong may anticristong disposisyon ay hindi kailanman

tumutuon sa paghahangad sa katotohanan, at wala silang kahit katiting na pagkatao at katwiran; ang mga ganitong tao ay walang kakayahang magkamit ng katotohanan, at hindi rin nila matatamo ang kaligtasan—nakamamatay rin na sakit ito.) Sino pa ang gustong magsalita? (Ang pagkaunawa ko ay wala sa dalawang ito ang nakamamatay na sakit, ngunit kung hindi hinahangad ng isang tao ang katotohanan, iyon ang nakamamatay na sakit.) Maganda ang pananaw na ito tungkol dito. Gayumpaman, may paunang kondisyon dito, na ang diwa ng isang anticristo—ang mga taong nagtataglay ng diwa ng isang anticristo ay sadyang hindi naghahangad sa katotohanan, sila ay mga hindi mananampalataya—ang pagtataglay ng diwa ng isang anticristo ang pinakamapanganib na bagay. Ano ang ibig sabihin ng diwa ng isang anticristo? Ang ibig sabihin nito ay na sadyang hindi naghahangad sa katotohanan ang mga taong ito; katayuan lang ang hinahangad nila, likas silang mga kaaway ng Diyos, mga anticristo sila, sila ang pagsasakatawan ni Satanas, mga diyablo na sila mula nang isilang sila, wala silang pagkatao, mga materyalista sila, mga karaniwan silang hindi mananampalataya, at tutol sa katotohanan ang mga gayong tao. Ano ang ibig sabihin ng “tutol sa katotohanan”? Ibig sabihin nito ay hindi nila pinaniniwalaan na ang Diyos ang katotohanan, hindi nila kinikilala ang katunayan na ang Diyos ang Lumikha, lalong hindi nila kinikilala na ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay. Kaya, kapag binigyan ng pagkakataon ang mga gayong tao na hangarin ang katotohanan, magagawa ba nila ito? (Hindi.) Dahil hindi nila kayang hangarin ang katotohanan, at dahil sila ay habambuhay na mga kaaway ng katotohanan at mga kaaway ng Diyos, hindi nila kailanman makakamit ang katotohanan. Isang nakamamatay na sakit ang hindi makamit ang katotohanan magpakailanman. At ang lahat ng nagtataglay ng anticristong disposisyon ay may mga pagkakatulad sa mga nagtataglay ng diwa ng anticristo, pagdating sa disposisyon: Ipinapakita nila ang parehong mga pagpapamalas, parehong mga pagbubunyag, at maging ang paraan ng kanilang pagpapakita sa mga pagpapamalas at pagbubunyag na ito, ang kanilang paraan ng pag-iisip, at ang kanilang mga kuru-kuro at imahinasyon tungkol sa Diyos ay pareho lahat. Gayumpaman, para sa mga taong nagtataglay ng anticristong disposisyon, hindi mahalaga kung kaya man nilang tanggapin ang katotohanan at kilalanin ang katunayan na ang Diyos ang Lumikha, hangga’t hindi nila hinahangad ang katotohanan, nagiging isang nakamamatay na sakit ang kanilang anticristong disposisyon, at dahil dito, ang kanilang kalalabasan ay magiging pareho sa mga may diwa ng anticristo. Gayumpaman, sa kabutihang-palad, may ilan sa mga may anticristong disposisyon ang nagtataglay ng pagkatao, katwiran, konsensiya, at kahihiyan, na nagmamahal sa mga positibong bagay, at nagtataglay ng mga kondisyon para mailigtas ng Diyos. Dahil hinahangad nila ang katotohanan, nakakamit ng mga taong ito ang pagbabago sa disposisyon, naiwawaksi nila ang kanilang mga tiwaling disposisyon, at naiwawaksi ang kanilang anticristong disposisyon, kaya ang kanilang anticristong disposisyon ay hindi na isang nakamamatay na sakit para sa kanila, at may posibilidad na sila ay maligtas. Sa anong sitwasyon masasabi na ang pagtataglay ng

anticristong disposisyon ay isang nakamamatay na sakit? May paunang kinakailangan para dito, na kahit na kinikilala ng mga taong ito ang pag-iral ng Diyos, kahit naniniwala sila sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, naniniwala at kinikilala ang lahat ng sinasabi ng Diyos, at kayang gawin ang kanilang mga tungkulin, may isang bagay na kulang: Hindi nila kailanman isinasagawa ang katotohanan o hinahangad ang katotohanan. Kaya ang kanilang anticristong disposisyon ay nagiging nakamamatay para sa kanila, at maaaring bawiin nito ang kanilang buhay. Pagdating sa mga taong may diwa ng anticristo, anuman ang mga sitwasyon, hindi posible para sa mga taong ito na mahalin o tanggapin ang katotohanan, at hindi nila kailanman makakamit ang katotohanan. Naiintindihan ba ninyo? (Oo.) Naiintindihan ninyo. Ulitin ninyo ito sa Akin. (Ang mga taong may diwa ng anticristo ay likas na mga kaaway ng Diyos. Sila ay tiyak na hindi mga taong nagmamahal at kayang tumanggap sa katotohanan, at imposible para sa kanila na makamit ang katotohanan kailanman, kaya para sa kanila, ang kanilang anticristong disposisyon ay isang nakamamatay na sakit. Samantalang para sa ilang tao na may anticristong disposisyon, nang may paunang kinakailangan na dapat silang magtaglay ng pagkatao, katwiran, konsensiya, at kahihiyan, at nagmamahal sa mga positibong bagay at naghahangad sa katotohanan, at pagkatapos ay nagkakamit ng pagbabago ng disposisyon sa pamamagitan ng paghahangad sa katotohanan, sumusunod sila sa tamang landas, at para sa kanila, hindi isang nakamamatay na sakit ang kanilang anticristong disposisyon. Natutukoy ang lahat ng ito ng diwa ng mga taong ito at ng landas na sinusunod nila.) Ibig sabihin, hindi posible para sa mga taong may diwa ng anticristo na hangarin ang katotohanan, at hindi nila kailanman makakamit ang kaligtasan, samantalang ang mga taong may anticristong disposisyon ay maaaring maklasipika sa dalawang uri: Ang isang uri ay naghahangad sa katotohanan at maaaring magkamit ng kaligtasan, at ang isang uri ay hindi talaga naghahangad sa katotohanan at hindi maaaring magkamit ng kaligtasan. Ang mga hindi maaaring magkamit ng kaligtasan ay pawang mga trabahador; ang ilang tapat na trabahador ay maaaring manatili, at posibleng humantong sila sa ibang resulta.

Bakit hindi makakamit ng mga taong may diwa ng anticristo ang kaligtasan? Dahil hindi kinikilala ng mga taong ito ang katotohanan, at hindi rin nila kinikilala na ang Diyos ang katotohanan. Hindi kinikilala ng mga taong ito na mayroong mga positibong bagay, at hindi nila mahal ang mga positibong bagay. Sa halip, mahal nila ang mga buktot na bagay at negatibong bagay; sila ang pagsasakatawan ng lahat ng bagay na buktot at negatibo, at sila ang mga tagapagpahayag ng lahat ng bagay na negatibo at buktot, kaya sila tutol sa katotohanan, mapanlaban sa katotohanan, at namumuhi sa katotohanan. Mahahangad ba nila ang katotohanan nang may gayong diwa? (Hindi.) Samakatwid, imposibleng hikayatin ang mga taong ito na hangarin ang katotohanan. Posible bang gawing ibang hayop ang isang hayop? Halimbawa, posible bang gawing aso o daga ang isang pusa? (Hindi.) Ang daga ay mananatiling isang daga, madalas na nagtatago sa mga butas at namumuhay sa dilim. Ang pusa ay mananatiling likas na kaaway ng daga,

at hindi ito mababago—hindi ito kailanman mababago. Gayumpaman, may ilan sa mga may anticristong disposisyon ang nagmamahal sa katotohanan at mga positibong bagay, na handang gugulin ang lahat para isagawa at hangarin ang katotohanan; isinasagawa nila ang anumang sinasabi ng Diyos, sumusunod sila paano man sila akayin ng Diyos, ginagawa nila ang anumang hinihiling ng Diyos, ang landas na sinusunod nila ay ganap na naaayon sa landas na hinihingi ng Diyos, at naghahangad sila ayon sa direksiyon at mga layong itinuro ng Diyos. Para naman sa iba, bukod sa katunayan na hindi nila hinahangad ang katotohanan, sinusunod din nila ang landas ng anticristo, at madaling mapagtanto kung ano ang kalalabasan ng mga taong ito. Bukod sa hindi nila makakamit ang katotohanan, mawawalan din sila ng pagkakataon na maligtas—napakakahabag-habag ng mga taong ito! Binibigyan sila ng Diyos ng mga pagkakataon at tinutustusan din sila ng katotohanan at buhay, ngunit hindi nila pinahahalagahan ang mga bagay na ito, at hindi nila sinusunod ang landas para magawang perpekto. Hindi naman dahil sa pinapaboran ng Diyos ang ilang tao kaysa sa iba at hindi binibigyan ng mga pagkakataon ang mga taong ito, kundi dahil sa hindi nila pinahahalagahan ang mga pagkakataong ito o hindi sila kumikilos gaya ng hinihingi ng Diyos kaya sila nawawalan ng pagkakataon na maligtas. Samakatwid, nagiging nakamamatay ang kanilang anticristong disposisyon at nagiging sanhi na mawalan sila ng buhay. Iniisip nila na ang pagkaunawa sa ilang doktrina at pagpapakita ng ilang panlabas na kilos at mabuting pag-uugali ay nangangahulugang hindi susuriin ng Diyos ang kanilang anticristong disposisyon, na maitatago nila ito, at dahil dito, natural na hindi nila kailangang isagawa ang katotohanan at maaari nilang gawin ang anumang gusto nila, at maaari silang kumilos ayon sa sarili nilang pagkaunawa, mga pamamaraan, at mga kahilingan. Sa huli, anumang pagkakataon ang ibinibigay ng Diyos sa kanila, nagpapatuloy silang kumapit sa sarili nilang direksiyon, sinusunod nila ang landas ng isang anticristo, at nagiging kaaway sila ng Diyos. Hindi sila nagiging kaaway ng Diyos dahil itinakda sila ng Diyos bilang ganoon mula sa simula—walang pagtatakda ang Diyos sa kanila sa simula, dahil sa mga mata ng Diyos, hindi Niya sila kaaway o mga taong may diwa ng anticristo, kundi mga taong may sataniko at tiwaling disposisyon lamang. Gaano man karaming katotohanan ang ipinapahayag ng Diyos, hindi pa rin nila pinagsusumikapan ang katotohanan sa kanilang paghahangad. Hindi nila magawang tumahak sa landas ng kaligtasan, at sa halip, sinusunod nila ang landas ng isang anticristo, at sa huli, nawawalan sila ng pagkakataon na maligtas. Hindi ba't nakakapanghinayang naman iyon? Lubos na nakakapanghinayang iyon! Sobrang kahabag-habag ang mga taong ito. Bakit sila kahabag-habag? Nauunawaan nila ang ilang salita at doktrina at inaakala nila na nauunawaan nila ang katotohanan; nagbabayad sila ng kaunting halaga at nagpapakita ng mabuting pag-uugali habang ginagawa ang kanilang tungkulin at inaakala nila na isinasagawa nila ang katotohanan; mayroon silang talento, kakayahan, at mga kaloob, at kayang bumigkas ng ilang salita at doktrina, gumawa ng kaunting gawain, gumawa ng ilang espesyal na tungkulin, at inaakala nila na nakamit na nila ang buhay; kaya nilang magtiis ng kaunting paghihirap

at magbayad ng kaunting halaga at mali nilang inaakala na kaya nilang magpasakop sa Diyos at isuko ang lahat para sa Diyos. Ginagamit nila ang kanilang panlabas na mabuting pag-uugali, ang kanilang mga kaloob, at ang mga salita at doktrina na kanilang isinangkap sa kanilang sarili para palitan ang pagsasagawa sa katotohanan—ito ang kanilang pinakamalaking problema, ang kanilang nakamamatay na kapintasan. Dahil dito, mali nilang pinaniniwalaan na nakatahak na sila sa landas ng kaligtasan, at na nagtataglay na sila ng tayog at buhay. Sa anumang kaso, kung hindi matatamo ng mga taong ito ang kaligtasan sa huli, wala silang dapat sisihin kundi ang sarili nila; ito ay dahil hindi sila mismo nakatuon sa katotohanan, hindi naghahangad sa katotohanan, at mas handa pa silang sumunod sa landas ng mga anticristo.

May ilang tao ngayon na, pagkatapos makinig ng mga sermon sa loob ng 30 taon, hindi pa rin nakakaalam kung ano ang katotohanan, o kung ano ang doktrina. Kapag ibinubuka nila ang kanilang bibig, puro teoryang walang kabuluhan ang sinasabi nila, mga salita para sermunan ang iba, at mga walang kabuluhang islogan, at ang tinatalakay lang nila ay kung paano sila nagtiis ng paghihirap at nagbayad ng halaga noon, kung saan inilalatag nila ang kanilang pagiging nakatataas. Hindi nila kailanman tinatalakay ang kanilang pagkilala sa sarili, kung paano nila tinatanggap ang pagpupungos, kung paano sila nagbubunyag ng mga tiwaling disposisyon, kung paano sila nakikipag-agawan para sa kasikatan at pakinabang, o kung anong mga pagpapakita ng disposisyon ng isang anticristo ang mayroon sila. Hindi nila kailanman tinatalakay ang mga bagay na ito; tinatalakay lang nila ang kanilang mga kontribusyon at hindi nila binabanggit ang kanilang mga pagsalangsang. Hindi ba't lubhang nanganganib ang mga taong ito? Ang ilang tao ay nakikinig ng mga sermon sa loob ng 20 o 30 taon at hindi pa rin nakakaalam kung ano ang katotohanang realidad o kung ano ang ibig sabihin ng magpasakop sa mga pamamatnugot at pagsasaayos ng Diyos, kaya ang hinala Ko ay maaaring walang mga pakultad ang mga taong ito na maunawaan ang mga salita ng Diyos. Pagkatapos makinig ng mga sermon sa loob ng 30 taon, inaakala nila na mayroon silang tayog, ngunit kapag wala silang katayuan, nagiging negatibo pa rin sila, at palihim na umiiyak at nagrereklamo, at maaaring magbitiw pa nga sa kanilang gawain. Pagkatapos makinig ng mga sermon sa loob ng 30 taon, kapag sila ay tinanggal, maaaring magmukmok pa rin sila at maging hindi makatwiran, at lumalaban sa Diyos. Ano ang naunawaan nila pagkatapos makinig ng mga sermon sa loob ng napakaraming taon? Kung hindi nila naunawaan kung ano ang katotohanan pagkatapos makinig ng napakaraming sermon, hindi ba't nasayang lang ang kanilang pananampalataya? Ito ang tinatawag na naguguluhang pananalig!

Marso 14, 2020

**Ikasiyam na Aytem: Ginagawa Nila ang Kanilang
Tungkulin Para Lang Maging Tanyag Sila at
Maisakatuparan ang Kanilang Sariling mga Interes
at Ambisyon; Hindi Nila Kailanman Isinasaalang-alang
ang mga Interes ng Sambahayan ng Diyos,
at Ipinagkakanulo Pa nga ang mga Interes na Iyon,
Ipinagpapalit ang mga Iyon Para sa Kanilang
Personal na Kaluwalhatian (Ikalimang Bahagi)**

II. Ang mga Interes ng mga Anticristo

C. Pagpapakana Para sa Sarili Nilang mga Pakinabang

Ngayon, ipagpapatuloy natin ang pagbabahaginan tungkol sa ikasiyam na aytem ng iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo at sa parte ng aytem na ito na nauugnay sa mga interes ng mga anticristo. Noong nakaraan, nagbahagi Ako tungkol sa ikatlong aytem ng mga interes ng mga anticristo: mga pakinabang. Sa aytem na iyon, inilista Ko ang mga partikular na pagpapamalas ng ilang aspekto, at pangunahin Kong tinalakay ang pag-uugali, mga kaisipan at pananaw ng mga anticristo, at ang iba't ibang bagay na ginagawa nila sa ilalim ng kontrol ng mga kaisipan at pananaw na ito. Nagbahagi Ako tungkol sa dalawang aspekto noong nakaraan: Ang una ay ang paglulustay sa mga pag-aari ng sambahayan ng Diyos, at ang pangalawa ay ang paggamit sa mga kapatid para maglingkod at gumawa para sa kanila. Ang mga ito ay dalawang partikular na pagpapamalas ng mga anticristong nagpapakana para sa sarili nilang mga pakinabang. Ngayong nagbahagi na Ako tungkol sa mga ito, mayroon na ba kayong pagkaunawa sa kalikasang diwa ng mga anticristo? Sa totoo lang, walang malaking pagkakaiba sa pagitan ng mga tiwaling tao pagdating sa iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo, tungkol man ito sa disposisyon o kalikasang diwa nila. Mas magkatulad sila kaysa sa magkaiba; nagkakaiba lamang sila sa kung mayroon silang mabuti o masamang pagkatao, at may malinaw na pagkakaiba lamang pagdating sa saloobin nila sa katotohanan. Kahit na pare-pareho lang lahat ng tiwaling disposisyon ng mga tao, kaya ng mga anticristo na kamuhian ang katotohanan, labanan ang Diyos, husgahan ang Diyos, at lapastanganin ang Diyos, at kaya rin nilang gumawa ng masama at guluhin ang gawain ng iglesia. Ito ang mga aspekto kung saan may malinaw na pagkakaiba ang mga anticristo at ang mga ordinaryong tiwaling tao. Ang bawat tao ay may disposisyon ng isang anticristo, pero kung hindi pa sila nakagawa ng masama at nakagulo sa gawain ng iglesia, at hindi pa nila direktang kinompronta ang Diyos, kung gayon, hindi sila mailalarawan na isang anticristo. Bagama't ang mga tiwaling tao ay may magkapareho o magkatulad na mga kaisipan, pananaw, at tiwaling disposisyon, kung hindi sa isang masamang tao ang pagkataong diwa ng isang tao, kung gayon, isang malinaw na

pagkakaiba iyon sa pagitan nila at ng mga anticristo. Hindi nakikita ng karamihan sa mga tao ang pagkakaibang ito, at pinagsasama-sama nila sa iisang grupo ang mga taong may disposisyon ng isang anticristo at ang mga taong tumatahak sa landas ng isang anticristo, at inilalarawan nila ang mga ito bilang mga anticristo—madaling pinsalain ang mabubuting tao sa pamamagitan ng paggawa nito! Kung hindi ninyo malinaw na nauunawaan ang diwa ng mga anticristo, malaking balakid din ito sa pag-unawa ninyo sa inyong sarili. Kung nakikita mo na kapareho ng sa isang anticristo ang tiwali mong disposisyon, iisipin mo na isa kang anticristo, at kung nakikita mo na kapareho ng sa isang anticristo ang landas na tinatahak mo, iisipin mo rin na isa kang anticristo. Ilalarawan mo pa rin ang sarili mo bilang isang anticristo kung nakikita mo na ang paraan ng paggawa mo sa mga bagay-bagay at ang mga kaisipan at pananaw mo ay kapareho ng sa isang anticristo. Kung nakikita mo ang sarili mo bilang isang anticristo sa tatlong paraang ito, ilalarawan mo ang sarili mo bilang isang anticristo. Ano ang magiging mga kahihinatnan nito? Tiyak na magiging negatibo ka sa isang antas at susukuan mo ang sarili mo. Medyo baluktot ang pag-unawa sa sarili mo sa gayong paraan. Kaya, hindi na ba kinakailangan na unawain ang anticristong disposisyon mo? Hindi, kailangan ito siyempre. Ang layunin ng pagbabahaginan at paghihimay sa disposisyon ng mga anticristo ay para maikumpara ninyo ang inyong sarili at umabot kayo sa punto na tunay ninyong maunawaan ang inyong sarili. Kung nauunawaan mo lang na mayroon kang karaniwang tiwaling disposisyon pero hindi mo kinikilala na mayroon kang disposisyon ng isang anticristo, kung gayon, napakababaw at di-kompleto ang pag-unawa mo sa sarili mo; hindi ito pasok sa pamantayan. Maaaring hindi pa ninyo ito alam sa ngayon. Iniisip ng karamihan ng tao, “Hindi ako tumatahak sa landas ng isang anticristo, hindi rin ako isang anticristo, at wala rin akong diwa ng isang anticristo, kaya hindi ko na kailangang umabot sa puntong nauunawaan ko na mayroon akong disposisyon ng isang anticristo, na kaya kong tumahak sa landas ng isang anticristo, at na puwede akong maging isang anticristo. Kung ito ang pag-unawa ko sa sarili, hindi ba’t minamaliit ko ang sarili ko?” Kaya, hindi kayo gaanong interesado sa mga paksang ito tungkol sa pagsisiwalat sa mga anticristo. Hindi mahalaga kung interesado ka o hindi, kung isa kang taong naghahangad sa katotohanan, darating ang araw na unti-unti mong mauunawaan ang mga aspektong ito ng katotohanan at ang mga kasabihang ito. Narinig Ko na nagbabahagi ang ilang tao ng kanilang pagkaunawang batay sa karanasan pero wala silang sinasabing anuman tungkol sa kung paanong mayroon silang disposisyon ng isang anticristo, o kung paanong tumatahak sila sa landas ng isang anticristo. Malinaw na katulad mismo ng sa isang anticristo ang mga kaisipan, pananaw, at disposisyon nila—magkaparehong-magkapareho ang mga ito—pero hindi nila nauunawaan ito. Sapat na itong patunay na masyadong mababaw ang pag-unawa ng maraming tao sa sarili nila, na kaya lamang nilang maunawaan na mayroon silang tiwaling disposisyon, na nilalabanan nila ang Diyos at naghihimagsik sila laban sa Diyos, na hindi gaanong mabuti ang pagkatao nila, at na hindi nila masyadong mahal ang katotohanan. Sa

katunayan, ang ipinapamalas at ipinapakita nila ay ang disposisyon ng isang anticristo, at ang landas na tinatahak nila ay sa isang anticristo, pero hindi nila ito nauunawaan. Bakit hindi nila ito nauunawaan? Dahil hindi nila nauunawaan ang iba't ibang pagpapamalas na kaugnay sa disposisyon ng isang anticristo, at marami pa ngang mga tao ang natatakot na magsabi na mayroon silang disposisyon ng isang anticristo o na nasa landas sila ng isang anticristo. Kahit na nauunawaan nila ito, hindi sila naglalakas-loob na sabihin ito; kung sasabihin nila ito, para bang isinusumpa o kinokondena sila. Sa realidad, hindi ba't pareho lang din ang sitwasyon mo sabihin mo man ito o hindi? Mababago ba nito ang katunayan na mayroon kang disposisyon ng isang anticristo? Hindi. Ang katunayan na hindi mo ito nauunawaan ay nagpapatunay na masyadong mababaw ang pagkaarok mo sa katotohanan, at na wala kang tunay na pag-unawa sa sarili mo.

3. Paggamit ng Kanilang Posisyon para Makakuha ng Makakain, Maiinom, at Iba pang mga Kanais-nais na Bagay sa Pamamagitan ng Pandaraya

Sunod, magbabahaginan tayo tungkol sa pangatlong pagpapamalas ng mga anticristong nagpapakana para sa sarili nilang mga pakinabang—paggamit ng kanilang posisyon para makakuha ng makakain, maiinom, at iba pang mga kanais-nais na bagay sa pamamagitan ng pandaraya. Siyempre, ang “paggamit ng kanilang posisyon” ay matatawag din na madayang pagkuha ng makakain, maiinom, at iba pang mga kanais-nais na bagay sa pamamagitan ng pagpapanggap na nananampalataya sila sa Diyos. Nasubukan na ba ninyong pagnilayan at pag-isipan ang aytem na ito noon? (Hindi pa.) Nakakita na ba kayo ng ganitong uri ng tao? Mayroon ba kayong anumang opinyon tungkol sa ganitong klase ng tao? Mayroon ba kayong anumang nararamdamang pagkapoot o pagkasuklam? Nakakaramdam ba kayo ng paghamak sa ganitong klase ng tao? (Oo.) Anong uri ng tao sila? Ano ang pagkatao nila? Bakit nila ginagawa ang mga bagay na ito? Ano ang pananaw nila sa pananampalataya sa Diyos? Nililigtas ba ng Diyos ang ganitong klase ng tao? Ano, sa huling pagsusuri, ang layunin ng pananampalataya nila sa Diyos? Tinalikuran nila ang mga pamilya at propesyon nila, at nagpakita sila ng mga ekspresyon ng pagdurusa ng paghihirap at pagbabayad ng halaga, pero ano, sa huling pagsusuri, ang layunin nila sa paggamit ng kanilang posisyon para makakuha ng makakain at maiinom sa pamamagitan ng pandaraya? Alam ba nila na, kapag ginagawa nila ito, kinasusuklamang ito ng Diyos at hindi nalulugod ang Diyos? Naisip na ba ninyo ang mga katanungang ito noon? Sa totoo lang, karamihan sa inyo ay hindi pa ito naisip. At bakit hindi pa? Sinasabi ng ilan: “Napakaraming taong ganito sa lipunan, kaya hindi malaking bagay kung may ilan sa kanila sa sambahayan ng Diyos. Isa pa, tayo mismo ay hindi naman ganoon kadalisay.” Itinuturing mo ang sarili mo bilang isang taong naghahangad sa katotohanan, pero hindi mo kailanman inihahanay sa katotohanan ang sarili mong mga gawa, kaisipan, at ideya, pati na rin ang mga gawa at pag-uugali ng iba, gamit ang perspektiba ng katotohanan para tingnan at tukuyin ang mga ito. Kaya, isa ka pa rin bang taong naghahangad sa katotohanan? May

halaga at kabuluhan pa ba sa iyo ang mga katotohanang naunawaan mo sa iyong pananampalataya sa Diyos? Wala. Ang lahat ng nagkukunwaring espirituwal kahit wala silang espirituwal na pagkaunawa ay may pekeng espirituwalidad, at wala silang inaalala kundi ang gugulin ang buong araw nang mahigpit na sumusunod sa mga regulasyon o nagsasalita ng mga salita at doktrina, na katulad ng ginagawa ng mga sinaunang iskolar, “ganap na ginugugol ang sarili sa pag-aaral ng mga aklat ng mga pantas at hindi nagbibigay-pansin sa mga panlabas na usapin.” Iniisip ng mga taong nagkukunwaring espirituwal na walang kinalaman sa kanila ang anumang ginagawa ng ibang tao, na problema na ng ibang tao kung paano man mag-isip ang mga ito, at tumatanggi silang matuto kung paano kilatisin ang mga tao, makilatis ang mga bagay-bagay, at maunawaan ang mga layunin ng Diyos batay sa mga salita ng Diyos. Ganito ang karamihan ng tao; pagkatapos nilang makinig sa isang sermon o magbasa ng mga salita ng Diyos, isinusulat nila ito sa papel, inilalagay sa puso nila, at itinuturing ito bilang mga doktrina o regulasyon na sinusunod lang nila bilang pakitang-tao, at pagkatapos ay tapos na sila rito. Pagdating naman sa kung paano nauugnay sa mga katotohanang ito ang mga bagay na nangyayari sa paligid nila o ang iba’t ibang pag-uugali at pagpapamalas na nakikita nila sa mga tao sa paligid nila, hindi nila ito kailanman pinag-iisipan o sinusubukang pagnilayan sa puso nila, at hindi rin sila nagdarasal o naghahanap. Ganito ang kalagayan ng espirituwal na buhay ng karamihan ng tao. Kaya, maraming tao ang mabagal at paimbabaw sa pagpasok sa katotohanan; lubos na walang sigla ang espirituwal nilang buhay, sumusunod lamang sila sa mga regulasyon, at walang mga prinsipyo sa paggawa nila ng mga bagay-bagay. Masasabi na, sa kaso ng maraming tao, ang espirituwal nilang buhay ay hiwalay sa tunay na buhay at hungkag ito, at kaya, kahit na sa mga lantarang pag-uugali at pagpapamalas ng masasamang tao at mga anticristo, lubos na wala silang mga konsepto, mas lalong wala silang anumang depinisyon, at wala rin silang anumang ideya o ipinapakitang anumang pagkilatis. Tungkol sa mga pag-uugali, pagpapamalas, at kasabihan ng mga anticristo sa pagpapakana para sa sarili nilang mga kapakinabangan, maaaring may ilan na rin kayong nakita, pero hindi ninyo kailanman sinubukang pagnilayan sa puso ninyo kung anong uri sila mismo ng mga tao, kung kaya ba nilang makamit ang katotohanan sa pananampalataya nila sa Diyos, kung sila ba ay mga taong naghahangad sa katotohanan, at ang iba pang mga gayong katanungan. Sa halip, nagpapatianod kayo sa inyong mga tungkulin nang hindi tunay na nakikilahok sa buong araw, iniraraos ang mga bagay sa lahat ng ginagawa ninyo, at hindi kayo naghahangad na makamit ang katotohanan o makaunawa at makapasok sa katotohanang realidad. Ginagamit ng mga anticristo ang posisyon nila para magpakana para sa sarili nilang mga kapakinabangan at ginagamit nila ang pananampalataya sa Diyos bilang pagkukunwari para makuha ang iba’t ibang uri ng kanais-nais na bagay sa pamamagitan ng pandaraya sa loob ng sambahayan ng Diyos. Likas na napapaloob sa mga kanais-nais na bagay na ito ang pagkain at inumin, pati na rin ang ilang materyal na kasiyahan at iba pa. Ang diwa ng mga gayong tao ay kapareho ng sa materyalistikong diwa ng mga

anticristo na napag-usapan natin dati—ito ang karakter ng parehong uri ng tao. Hinahangad lang nila na matamasa ang iba't ibang materyal na pagtrato; hindi nila hinahangad ang katotohanan, at lalong hindi rin sila naghahanda ng mabubuting gawa. Nagkukunwari lang sila na naghahangad sa katotohanan at nagmumukhang ginagawa nila ito sa panlabas. Ang pangunahing hinahangad nila sa kaibuturan ng puso nila ay ang kasiyahan ng laman gaya ng pagkain, pag-inom, at maayos na pagtrato na palaging nasa isipan nila. Marami-raming ganitong klase ng tao sa paligid; malamang na may isa o dalawa sa bawat iglesia, at baka higit pa nga. Ngayon, hindi Ko muna tatalakayin ang tungkol sa mga pagpapamalas, pag-uugali, at diwa ng mga taong ito sa teoretikal na aspekto. Tatalakayin Ko muna ang tungkol sa ilang partikular na kasong kumakatawan, at hahayaan Ko kayong lahat na makinig, magkamit ng kabatiran mula rito, at makita kung paano nauugnay ang mga ganitong tao sa aytem na pinagbabahaginan natin at kung ginagamit ba nila ang posisyon nila at ibinabandera ang pananampalataya nila sa Diyos para madayang makakuha ng pagkain, inumin, pera, at mga materyal na bagay. Subukang kilatisin ang ganitong tipo ng tao, at pagkatapos ay isipin kung ang mga taong nakakasalamuha ninyo ay may ganitong mga pagpapamalas na pinag-uusapan natin. Kung may sinumang pumasok sa isipan ninyo, maaari din kayong magbigay ng ilang halimbawa. Sabihin ninyo sa Akin, mas mabuti bang magbigay ng mga halimbawa o magbahagi lang nang pangkalahatan gaya nito? (Mas mabuting magbigay ng mga halimbawa.) Ano ang kagandahan sa pagbibigay ng mga halimbawa? Una sa lahat, handang makinig ang karamihan ng tao sa mga kuwento at mga kasong ito na hango sa tunay na buhay. Mayroong mga tauhan at istorya ang mga ito, at interesante ang mga ito para sa karamihan ng tao. Katulad lang ito ng kapag ikinukuwento mo ang personal mong karanasan: Kung magsusulat ka ng artikulo tungkol dito, kadalasan ay babasahin ito ng mga tao nang isa o dalawang beses, at iyon na iyon, pero kung gagawan mo ito ng pelikula o dula, mas maraming tao ang manonood nito, at hindi lang nila ito papanoorin nang isang beses. Sa ganitong paraan, mas masusi at may higit na kalinawang titingnan ng mga tao ang aspektong ito ng katotohanan o ang mga kaugnay na tao, pangyayari, at bagay, at magiging mas malalim ang impresyon nila sa mga ito. Dagdag pa rito, ang pagbibigay ng ilang partikular na halimbawa ay nakakatulong sa mga tao na mas tumpak na maikumpara at maiugnay ang bawat aspekto ng katotohanan sa sarili nila.

Unang Kaso: Pagkukunwaring Gumagawa para Makahingi ng Makakain at Maiinom

Una, magbigay tayo ng ilang halimbawa na karaniwan sa mga hinirang ng Diyos. Pumupunta sa isang bagong lugar ng gawain ang ilang lider at manggagawa, kung saan nakakatagpo sila ng iba't ibang kapatid at nakakatuklas ng ilang magandang bagay, at iniisip nila, “Magaganda ang mga bagay na ito. Bakit wala ako ng mga ito?” Hindi ba't mayroon silang hindi magagandang saloobin sa loob nila? Lumitaw na ang kasakiman

nila. Sa sandaling lumitaw ang kasakiman nila, napapako ang mga paa ng mga mababang-uri at walang kahihiyang mababang nilalang na ito, at maghahanap sila ng iba't ibang dahilan para makapagtrabaho sa lugar na iyon at hindi na umalis. Ano ang pakay nila sa hindi pag-alis? (Para balang araw ay makinabang sila.) Tama, nais nilang makinabang. Kung hindi nila makukuha ang pakinabang na ito, hindi sila makakatulog nang maayos sa gabi. Nag-aalala sila na kapag pumunta sila sa ibang lugar, may ibang makakakuha sa pakinabang na ito at hindi na sila muling magkakaroon ng ganitong pagkakataon, kaya, naghahanap sila ng dahilan para mangaral at magtrabaho sa lugar na iyon. Ang totoo, palaging laman ng puso nila ang mga kanais-nais na bagay na ito, at palaging nakatutok ang mga mata nila sa mga kanais-nais na bagay na ito. Sa wakas, naitatag na nila ang sarili nila sa lugar na iyon, at kinagigiliwan sila ng karamihan ng mga kapatid, kilala sila ng mga ito bilang mga mangangaral, at sinasamba at tinitingala sila ng mga ito. Ngayon na ang oras para banggitin ng mga lider at manggagawa na ito na mayroon silang gusto, kaya nag-iisip sila ng iba't ibang paraan para maipakilala ang paksa, pero habang mas nagsasalita sila, mas lalo silang nababalisa. Nagninilay-nilay sila, "Paano ko ba dapat hingin ang bagay na ito? Hindi ko puwedeng ipaalam sa mga kapatid na gusto ko at ninanais ko ang bagay na ito. Kailangan ay kusa nila itong ibigay sa akin; hindi ko dapat ipaisip sa kanila na hinihingi ko ito, sa halip, dapat nilang isipin na kusang-loob nila itong ibinibigay sa akin, at na siyempre ay karapat-dapat lang akong magkaroon nito." Pagkatapos nito, tinatanong nila ang mga kapatid, "Kumusta ang buhay pagpasok ninyo kamakailan?" Sinasabi ng mga kapatid, "Simula nang dumating ka, gumanda ang buhay iglesia namin at sumigla ang lahat." "Ang katunayan na masigla kayo ay nangangahulugang mas gumanda ang kondisyon ng espiritu ninyo. Maganda rin ang takbo ng negosyo ninyo. Kung pahihintulutan ng diyos, mas gaganda ang takbo ng negosyo ninyo sa hinaharap." Habang nagsasalita ang mga lider at manggagawa, inililiko nila ang usapan tungo sa bagay na nais nila. Kapag naging malinaw na sa mga kapatid na nais ng mga lider at manggagawa ang bagay na iyon, sasabihin nila na dapat magdala ang mga lider at manggagawa ng ilan sa mga iyon pag-alis ng mga ito. Sinasabi ng mga lider at manggagawa, "Hindi, hindi ako puwedeng kumuha ng kahit ano. Hindi ito naaayon sa mga prinsipyo. Hindi matutuwa ang diyos." "Walang problema. Karapat-dapat kang magkaroon ng ilan sa mga ito." "Kahit karapat-dapat ako, hindi puwede." Pagkatapos sabihin ito, nag-aalala sila na baka hindi talaga iyon ibigay sa kanila ng mga kapatid, kaya paligoy-ligoy nilang sinasabi ang ilang bagay, para pasalamatan sila ng mga kapatid sa kabutihan nila, habang kusa rin na binabanggit ang bagay na gusto nila, para maalala ng mga kapatid na bigyan sila ng ilan sa mga ito. Pagkatapos, nagiging malinaw sa mga kapatid kung ano ang ibig sabihin ng mga lider at manggagawa, at sinasabi nila, "Huwag natin itong pag-usapan sa ngayon. Puwede natin itong pag-usapan pag-alis mo." Kapag naririnig ng mga lider at manggagawa ang sinasabing ito ng mga kapatid, tuwang-tuwa ang puso nila at iniisip nila, "Mabuti! Sa wakas, makukuha ko na ang gusto ko!" At iniisip din nila, "Kung aalis ako kaagad bukas, magiging masyadong

halata sa mga tao na gusto ko ang bagay na iyon. Aalis na lang ako sa loob ng dalawa o tatlong araw.” Nang sa wakas ay dumating na ang ikatlong araw, binigyan sila ng mga kapatid ng isang mabigat na parsel pag-alis nila. Nakikita ng mga lider at manggagawa na naroroon sa parsel ang bagay na gusto nila, pero nagkukunwari silang hindi nila ito nakita, at hindi nila ito tinanggihan. Walang imik nilang kinuha ang parsel. Anong klaseng mga tao ito? Mga tao silang ginagamit ang gawain nila bilang isang pamamaraan—at ang trabaho bilang salapi—sa pagpapakana na makakuha ng mga kanais-nais na bagay, at mga tao silang nangingikil sa mga kapatid. Hindi ba’t isa itong uri ng pandaraya? Ano ba ang layon ng gawain nila? Para makakuha ng mga kanais-nais na bagay sa pamamagitan ng panggagantso sa iba. Sa sandaling makatuklas sila ng isang lugar na may kanais-nais na bagay at isang bagay na gusto nila, napapako ang kanilang mga paa at ayaw na nilang umalis. Kinukuha nila ang bawat magandang gamit para sa sarili nilang tahanan. Pagkatapos maging lider o manggagawa sa loob ng ilang taon, maraming gamit sa bahay nila ang nahuthot nila mula sa mga kapatid. Ang ilan sa kanila ay nanghuthot sa mga kapatid ng mga lihim na recipe ng pamilya o ng mga ari-ariang namana ng mga kapatid, at nanghuthot naman ang ilan sa kanila ng mga lokal na espesyal na produkto. Ang pananampalataya ng mga taong ito sa Diyos ay mukhang tila nililibot nila ang iba’t ibang lugar at gumagawa sila ng gawain nang walang anumang hinihinging kapalit, pero ang totoo, masyado na silang maraming nahuthot na mga kanais-nais na bagay mula sa mga kapatid.

Pagdating ng isang lider sa isang partikular na iglesia, nakikita niya na sikat sa buong bansa ang mga jujube sa lugar na iyon, at naisip niya, “Mahilig akong kumain ng jujube. Kung dito ako ipinanganak, araw-araw akong makakakain ng jujube, pero sayang, hindi ako puwedeng manatili nang matagal at hindi pa hinog ang mga jujube. Kailan kaya ako makakakain ng mga ito? Alam ko na—puwede akong humanap ng dahilan para manatili hanggang sa mahinog ang mga jujube, at pagkatapos ay makakain ko na ang mga ito, hindi ba?” Pagkatapos, idinadahilan niya na nasa masamang kalagayan ang karamihan ng kapatid dito at walang anumang naisasakatuparan sa gawain nila, kaya kailangan niyang manatili rito nang matagal at sikaping patakbuin ang bawat aspekto ng gawain bago siya umalis. Gayumpaman, iyon ba talaga ang saloobin ng puso niya? (Hindi.) Sa puso niya, nagkakalkula siya: “Kung kailan man mahihinog ang mga jujube at makakapagdala na ako ng ilan pauwi, saka ako aalis.” Puno ng ganoong kaisipan ang puso niya, at napapako ang mga paa niya dahil doon at pumupwesto siya roon. Habang naroroon siya, nangangaral siya ng ilang salita at doktrina, gumagawa ng ilang mababaw na bagay, pero wala siyang gaanong naisasakatuparang gawain. Sa wakas, hinog na ang mga jujube at nag-uumapaw sa tuwa ang puso niya: “Sa wakas, makakakain na ako ng mga jujube. Dumating na sa wakas ang araw na pinapangarap ko!” Sa sandaling mahinog na ang mga jujube, sinisimulan niyang kainin ang mga ito, habang nagninilay-nilay siya sa puso niya, “Hindi puwedeng araw-araw na lang akong kakain ng mga jujube dito. Hindi ako puwedeng manatili para lang kumain ng mga jujube.

Paano kung mapansin ng mga kapatid? Kailangan kong mag-isip ng paraan para bigyan nila ako ng ilan na puwede kong dalhin. Kung hindi nila ako bibigyan, kailangan kong magsikap at mas magsalita pa para maisulong ito.” Sa sandaling makita ng mga kapatid na nakatira doon na mahilig siyang kumain ng mga jujube, sasabihin ng mga ito na bibigyan nila siya ng ilan pag-alis niya. Pagkarinig niya rito, natutuwa siya, pero ang sinasabi ng kanyang bibig ay, “Hindi puwede. Hindi ito naaayon sa mga prinsipyo. Hindi maaaring magnasa sa bagay na ito ang mga mananampalataya. Hindi ba’t sinasamantala ko naman kayo kung ganoon? Hindi ko ito puwedeng tanggapin nang hindi kayo binabayaran. Pag-alis ko, babayaran ko kayo.” Mga salita lang ang mga sinasabi niyang iyon. Kapag nagpakasawa na siya sa pagkain at oras na para umalis, sa loob-loob niya, iniisip pa rin niya, “Bibigyan kaya nila ako, o baka bibigyan lang nila ako ng mga may depekto? Gusto kong kumain ng malalaki at mga de-kalidad na jujube.” Dalawang araw bago siya umalis, palagi niyang sinasabi, “Halos napitas na lahat ng jujube, tama ba? Kailan kaya muling mahihinog ang mga ito sa susunod na taon?” Ang ibig niyang sabihin doon, ipinapaalala niya sa mga kapatid na huwag kalimutang pabaunan siya ng mga jujube. Naiintindihan naman ito ng mga kapatid sa sandaling marinig nila ito: “Mukhang kailangan talaga natin siyang padalhan ng ilan bago siya umalis, at dapat tayong pumitas ng magagandang jujube para sa kanya; kung hindi, baka pahirapan niya tayo.” Nang sa wakas ay oras na para umalis siya, pinadalhan siya ng mga kapatid ng tatlong malaking kahon. Hindi niya kayang dalhin ang mga ito nang mag-isa, kaya nagpatulong siya sa ibang tao na nasa ilalim ng kanyang pamumuno. Bago siya umalis, kinain niya nang kinain ang makakaya niya—kahit na parang magkakasakit na siya, pakiramdam niya ay sulit lang ito. Natatakot siya na baka hindi na niya ito matitikman kapag umalis na siya. Sa pag-alis niya, mayroon pa rin siyang pag-aatubili, at iniisip niya, “Sa pagkakataong ito ay kontento na ako. Babalik ako sa panahong ito sa susunod na taon. Hindi ko kailangang pumarito nang napakaaga, pero hindi rin ako dapat mahuli. Dapat nandito ako kapag hinog na ang mga jujube. Nang sa gayon, makakakain ako ng mga sariwa, at kapag natuyo na ang mga ito, makakakain ako ng mga pinatuyong jujube. Makakapagdala rin ako ng ilan pa pag-alis ko.” Hindi ba’t napakadetalyado niya itong kinakalkula? Ang mga bagay na ito ang tanging laman ng puso niya. Palagi niyang iniisip kung paano makapagsasamantala at nag-iisip siya ng mga pakana para makakuha ng mga kanais-nais na bagay, at makapanghuthot din sa mga kapatid ng mga bagay na pinag-iinteres na niya. Wala siyang palalagpasin na anumang kanais-nais na bagay na nakikita niya. Kahit na isa itong bagay na hindi kapansin-pansin, basta’t nakukuha nito ang kanyang atensiyon at tumatatak ito sa isipan niya, siguradong mapapasakamay niya ito. Hindi ba’t ito ang pag-uugali ng isang anticristo? Hindi ba’t napakababa ng pagkatao at karakter ng mga ganitong uri ng tao? Kahit gaano pa nila kayang magdusa ng paghihirap at magbayad ng halaga sa panlabas, at kahit gaano pa nila kayang talikuran ang pamilya at propesyon nila, masasabi ba na mga tao silang naghahangad sa katotohanan? Tiyak na hindi. Ang mga taong ito ang mga uri ng tao na mapandayang

kumukuha ng pagkain at inumin sa pamamagitan ng pagbabandera ng pananampalataya sa Diyos.

Ang ilang tao ay pumupunta sa iba't ibang lugar para ipangaral ang ebanghelyo at gumawa ng mga gawain, at kapag umuuwi sila, nagdadala sila ng iba't ibang lokal na espesyal na produkto mula sa bawat lugar, o maging mga kagamitan na hinuthot nila mula sa mga kapatid. Ito man ay damit na may kilalang tatak o gadyet, hangga't nakukuha nito ang pansin nila, hindi nila ito pinapalampas, at hihingin nila ito. Kung hindi mo ito ibibigay sa kanila, mag-iisip sila ng kung ano-anong dahilan para pungusan ka, at ipapaunawa nila sa iyo kung bakit ka nila pinupungusan, at hindi sila titigil hanggang sa ibigay mo ito sa kanila sa wakas. Ang mga taong ito ay nanghuhuthot ng iba't ibang kanais-nais na bagay sa pamamagitan ng pagbabandera ng paggawa nila sa tungkulin nila, at walang humpay nilang sinusubukang kunin ang mga kanais-nais na bagay na ito. Minsan, binibigyan sila ng mga kapatid ng munting bagay, pero iniisip nila na hindi ito mamahalin at sinasabi nila, "Huwag na, salamat. Labis na akong pinagpala ng diyos. Wala na akong kailangan pa." Ginagamit nila ang mga ganitong uri ng salita para tumanggi, at nilalansi nila ang mga kapatid upang kagiliwan at tingalain sila ng mga ito. Subalit, kapag ang ibinibigay ng mga kapatid sa kanila ay isang bagay na matagal na nilang pinapangarap, at isang bagay na kailangan nila at palagi nilang iniisip, kapag nakita nila ang mga bagay na ito, gusto nilang kamkamin ang mga ito, at talagang hindi sila magpipigil. May ilang babae na kumakamkam ng mga kosmetiko, magagandang damit at sapatos mula sa mga kapatid, at may ilang lalaki na nanghuhuthot ng mga kagamitan sa bahay, ng motorsiklo o mga gadyet mula sa mga kapatid. Kumikilos sila para angkinin ang bawat kanais-nais na bagay. Anuman ang magandang bagay na mayroon ang mga kapatid, basta't nagiging interesado rito ang mga taong ito, mag-iisip sila ng iba't ibang paraan para makuha ito nang may pandaraya. Dagdag pa rito, nakakaisip pa nga ang mga taong ito ng iba't ibang dahilan at nakakahanap ng iba't ibang palusot para makapagsalo-salo sa hapunan, para magpakabundat sa pagkain at inumin. Hanggang saan? Kahit saan sila magpunta, tinitingnan nila kung sino ang may pamilyang may pera at kung sino ang nakakakain nang maayos, pagkatapos ay nakikituloy sila sa pamilyang iyon at hindi sila umaalis. Pagkatapos, nakakaisip sila ng iba't ibang dahilan para magdaos ng mga pagtitipon para sa mga katrabaho at magsalo-salo sa mga hapunan. At ano ang mga pambungad nilang salita sa bawat hapunan? "Ang pagtitipon natin ngayon ay isang pagtitipon ng kaharian. Binibigyan tayo ng hapagkainang ito ng paunang tikim sa piging ng kaharian." Agad namang sinasabi ng mga taong sumisipsip sa kanila, "Amen. Salamat sa diyos!" May ilang diumano'y lider at manggagawa na nagpapakabundat sa pagkain at inumin kahit saan sila magpunta. Ang bawat pagkain ay dapat may masustansyang sangkap, at dapat mayroong isda at karne, at dapat iba-iba ang mga ulam kada linggo; hindi puwedeng paulit-ulit ang mga ito. Pagkatapos ng hapunan, dapat silang uminom ng masarap na tsaa, at nagdadahilan sila, "Hindi ako puwede na walang tsaa. Mabigat ang gawain ko araw-araw at kailangan

ko pang magpuyat sa gabi. Kung hindi ako makakainom ng kaunting tsaa para magising, hindi ako makakapagtrabaho sa gabi.” Ito ang sinasabi ng bibig nila, pero ano ang saloobin ng puso nila? “Hindi madali ang makarating sa posisyon ko ngayon. Hindi ba’t dapat akong kumilos nang maawtoridad? At saka, pinangarap kong matamasa ang mas magagandang bagay sa buhay, kaya hindi ba’t dapat mag-isip ako ng iba’t ibang paraan para matamasa ang mga bagay na ito ngayon? Kung hindi ko gagamitin ang kapangyarihan ko ngayong mayroon na ako nito, hindi na ako magkakaroon ng pagkakataon na gawin ito muli kapag nawala na ito. Dapat akong kumain at uminom hangga’t maaari. Walang nakakaalam kung darating ang araw na wala na akong ganitong posisyon at hindi ko na matatamasa ang mga bagay na ito. Hindi na ako magkakaroon ng ganitong pagkakataon. Kung gayon, hindi ba’t masasayang lang ang buong buhay ko?” Madayang kumukuha ng pagkain at inumin ang mga ganitong uri ng tao sa pamamagitan ng pagbabandera na gumagawa sila ng gawain. Gumagawa sila nang kaunti at nangangaral ng ilang salita at doktrina, at pagkatapos ay nais nilang manghuthot ng mga kanais-nais na bagay at kumain ng masasarap na pagkain.

May isang tao dati na gumagawa sa isang partikular na lugar, at kailangang magkatay ng manok araw-araw ang mga kapatid na naninirahan doon para sa taong ito. Nakagawian na niyang kumain ng isang manok araw-araw. Ano ang nararamdaman ninyo nang mabalitaan ninyo ito? (Nasusuklam.) Nag-alaga ng mga manok ang mga kapatid para sa mga itlog ng mga ito, at nagkakatay lamang sila ng manok kapag matanda na ito. Simula nang dumating ang taong iyon, kahit ang mga nangingitlog na manok ay kailangan nang katayin, at dahil dito, paunti nang paunti ang mga manok, at lubos nang nasagad ang mga kapatid. Kalaunan, natanggal ang taong iyon at umuwi na, pero hindi pa rin niya mabago ang kapintasang ito. Nagpapakatay siya sa asawa niya ng isang manok araw-araw; kung hindi, makikipagtalo siya sa asawa niya. Anong klaseng tao ito? Ang pagkain ng manok ay naging bahagi na ng kanyang kalikasan. Kumakain siya nito araw-araw, sa bawat oras ng kainan. Kahit pagkatapos niyang matanggal, kailangan pa rin niyang kumain nito—nakadepende na siya rito. Hindi ba’t may problema ang taong ito? Ano ang masasabi ninyo, mabuti ba ang mga ganitong klaseng tao? (Hindi.) Sa madaling salita, ang sinumang nagbabandera ng pananampalataya sa Diyos at gumagamit sa mga oportunidad na nagmumula sa mga tungkulin nila para mangikil sa mga ari-arian ng mga kapatid sa bawat pagkakataon, at para madayang kumuha ng mga pagkain at inumin sa bawat pagkakataon, ay hindi mabubuting tao. Ang diwa nila ay sa isang anticristo. Saan man sila pumunta para gumawa o anong uri man ng gawain ang ginagawa nila, pumipili muna sila ng mga pamilyang naghohost na may-kaya at namumuhay nang komportable para patirahin sila. Ano ang pakay nila sa paghahanap ng mga ganitong lugar? Para kumain ng masarap at tumira sa magandang tahanan—para bigyang-kasiyahan ang laman. May ilang lugar na hindi nila matirhan dahil sa masamang kapaligiran, pero bibitiwan ba nila ang kasakiman nila at ang mga kaisipang ito? Hindi. Maghahanap sila ng ibang lugar na katulad nito para magpatuloy sa kanila sa bahay. Bilang resulta, pagkatapos ng ilang

taon ng paggawa ng mga taong ito sa ibang mga lugar, ganap na mag-iiba ang hitsura nila, at kapag umuwi sila, hindi na sila makikilala ng mga kapatid doon—magiging mas malaman ang mukha nila, mas mabilog ang tiyan; magiging mas maganda ang pananamit nila; magiging mas mapili sila, at nag-iinarte sila. Paano na ang paglago ng buhay nila? Hindi lalago kahit kaunti ang buhay nila; kakain at magbibihis lamang sila nang maayos, magiging mataba, at makakakain hanggang sa puntong magiging mataba ang baba nila at magiging bilbilin sila. Sa isang kakila-kilabot na kapaligiran katulad ng sa mainland Tsina, anumang tungkulin ang ginagawa ng isang tao, nakababalisa na bagay ito. Bagama't nakakakain sila nang maayos paminsan-minsan at tumitira sila sa mga komportableng tahananang matutuluyan, hindi pa rin madadagdagan ang timbang nila. Kung gayon, anong klase ng mga tao iyong nakakakain hanggang sa nagiging mataba na ang baba nila at nagiging bilbilin sila? (Mga taong nagpapakasasa sa mga pakinabang ng katayuan.) Sila ang mga palaging nag-iisip kung ano ang kanilang kakainin at iinumina at kung ano ang kanilang tatamasahin sa tatlong beses nilang pagkain sa isang araw. Kung hindi masarap ang pagkain ng mga ganitong uri ng tao, wala silang gana na magtrabaho o gawin ang mga tungkulin nila. Kung hindi kontento ang tiyan nila, hindi balanse ang pag-iisip nila: “Hindi talaga ako nakakain nang maayos ngayong araw. Wala man lang karne, at pagkatapos kumain, hindi mo ako inalok ng tsaa. Kaya, hindi ko na kayo papansinin. Kapag nagbahaginan kayo tungkol sa gawain ng iglesia, hindi ako magsasalita. Maghihiganti ako sa inyo. Sino ang nagsabing ayos lang na hindi ninyo ako bigyan ng masarap na pagkain? Kinailangan kong kainin ang ganito lang na pagkain, pero gusto pa rin ninyo akong makipagbahaginan sa inyo. Hindi maaari!” Ito ang saloobin nila, pero hindi nila ito hayagang masabi. Sinasabi na lang nila, “Nagpuyat ako nang husto kagabi dahil sa pagtatrabaho, kaya kailangan kong umidlip ngayong hapon.” Hindi ba’t lubha silang manloloko? Natutulog sila hanggang alas-kuwatro o alas-singko ng hapon, at maraming tao ang naghihintay sa kanila roon, pero ayaw nilang bumangon. Bigla silang nakakaamoy ng mga mansanas at napapabalikwas sila ng bangon, nag-aalala na baka hindi na sila makakain. Ganito sila magtrabaho, at ganito nila ginagawa ang mga tungkulin nila. Kahit saan magpunta ang mga taong ito, at kahit gaano sila kumain at uminom ng mga salita ng Diyos o makinig sa mga sermon, hindi nila babaguhin ang mga intensiyon at layunin nila, ni bibitiwan ang mga ambisyon at pagnanais nila. Ang lahat ng materyal na bagay ay ang layon ng paghahangad nila sa buhay na ito; ang kumain nang mabuti, magdamit nang maayos, at magtamasa ng magandang pagtrato ang mga layon ng pananampalataya nila sa Diyos sa buhay na ito. Iniisip nila na kung sa pamamagitan ng pananampalataya sa Diyos sa buhay na ito, patuloy silang makakakain ng masasarap na pagkain, makakapagsuot ng magagandang damit, at makakatira sa magagandang bahay, at nagkakaroon din ng suporta mula sa mga kapatid—kung nagagawa nilang makuha ang mga bagay na ito nang may pandaraya—masisiyahan na sila sa buhay na ito. Sa mundong ito, hindi kikita ng maraming pera ang isang tao sa pamamagitan ng pagtatrabaho nang husto sa isang regular na trabaho, at

hindi madaling kumita ng pera sa pagnenegosyo—hindi nila matatamasa ang mga bagay na gaya nito. Kaya, pagkatapos itong pag-isipan nang mabuti, naniniwala pa rin sila na pinakamainam ang manampalataya sa Diyos, dahil hindi na nila kailangang masyadong magsikap. Ang kailangan lang nilang gawin ay magsabi ng ilang salita, mag-asikaso ng ilang bagay, at pumasan ng kaunting panganib, at pagkatapos ay makakakain at makapagdadamit na sila nang maayos, at magagawa pa nga nilang pagsilbihan sila ng maraming tao, at matatamasa nila ang pagtrato na parang isang VIP. Iniisip nila na napakagandang mamuhay nang ganito, at na lubos silang pinagpala dahil sa pananampalataya sa Diyos. Kaya, madalas silang nagsasabi ng mga hindi sinserong bagay sa harap ng mga kapatid, tulad ng, “Napakarami ng ipinagkaloob ng diyos sa atin, napakasagana, at higit pa sa anumang hiniling o pinangarap ng tao.” Tama naman ang mga salitang ito, pero lubos na hindi tumutugma sa mga personal nilang paghahangad at karakter, at sa mga kaisipan, intensiyon, at layunin nila. Nilalansi nila ang mga tao sa lahat ng sinasabi nila. Ang panlabas nilang ipinapakita ng pag-aasikaso ng ilang bagay at paggugol ng sarili nila ay para lang din lansihin ang mga tao. Tanging ang mga kalkulasyon, intensiyon, at kasakiman sa puso nila ang totoo. Ito ang karakter ng mga taong ito. Anuman ang gawin nila o saanman sila magpunta, nangunguna sa puso nila ang mga materyal na kasiyahang ito, at hinding-hindi nila bibitiwan o kakalimutan ang mga ito. Gaano ka man magbahagi tungkol sa katotohanan at sa mga layunin ng Diyos, gagampanan nila ang mga tungkulin nila habang mapagmatigas na kumakapit sa kasakiman at mga pagnanais na ito, at kinikimkim ang mga intensiyon at layuning ito, at may katayuan man sila o wala, hindi magbabago ang mga intensiyon nila.

Ikalawang Kaso: Hinanakit na Hindi Makapunta sa Ibang Bansa

Noong gumagawa Ako sa mainland Tsina, may isang lider na nag-akalang makakasama siya sa amin papunta sa ibang bansa, at tuwang-tuwa siya dahil dito. Inisip niya, “Sa wakas, nagtagumpay na ako. Matatamasa ko na sa wakas ang mga dakilang pagpapala kasama ang diyos! Noon, nagdusa ako ng paghihirap kasama ang diyos. Ngayon, sa wakas, nagantimpalaan na ako. Karapat-dapat ako rito. Kahit papaano, isa akong lider at marami na akong naranasang kapighatian, kaya dapat makabahagi ako kapag may magandang bagay na nangyayari sa akin—dapat kong matamasa ang kanais-nais na bagay na ito.” Ito ang nasa isip niya. Gayumpaman, pagkatapos ng ilang panahon na makasama Ko siya nang malapitan, napansin Ko na wala siyang prinsipyo sa mga sinasabi at ginagawa niya, wala siyang mabuting pagkatao, at napakalakas ng intensiyon at pagnanais niyang mapagpala, at minsan, kailangan siyang mapungusan. Pagkatapos mapungusan nang ilang beses, inisip niya, “Katapusan ko na rito. Nakilatis na ako ng ang itaas at hindi na nila muling binanggit ang tungkol sa pagpunta sa ibang bansa. Mukhang wala na akong pag-asa na makapangibang-bansa.” Palagi niya itong pinagbubulay-bulayan sa puso niya. Sa katunayan, makikita natin na hindi siya isang taong naghahangad sa katotohanan, likas na hindi siya akmang mangibang-bansa, at

kahit na makapunta siya roon, wala siyang magagawang anumang gawain, kaya hindi na namin ito tinalakay sa kanya. Pakiramdam niya ay wala na siyang pag-asang makapangibang-bansa, kaya nagsimula siyang gumawa ng ibang plano. Isang araw, umalis siya at hindi na bumalik kahit kailan. Nag-iwan lamang siya ng sulat na nagsasabing, “Nanampalataya ako sa diyos sa loob ng napakaraming taon at gumawa ako ng ilang gawain. Ngayon, pupunta na kayo ng ibang bansa, pero hindi ako naaangkop na sumama sa inyo. Sa mga darating na araw, maglalaan ako ng oras para bumawi rito. Kinasusuklanan ako ng diyos, kaya iiwan ko na siya. Hindi ko siya hahayaang tingnan ang isang taong kinasusuklanan niya. Magtatago na lang ako.” Parang may katuturan ang mga salitang ito, at na wala namang malaking problema sa mga ito. Pagkatapos, sinabi niya, “Ganito na ang mga bagay-bagay simula nang ipinanganak ako. Kahit sino ang kasama ko, ginagamit lang ako. Puwede akong magdusa ng paghihirap kasama ang iba, pero hindi ako puwedeng magtamasa ng mga pagpapala kasama nila.” Ano ang ibig niyang sabihin dito? (Inakala niya na ginamit lang siya ng Diyos.) Iyon mismo ang ibig niyang sabihin. Lalo na nang sabihin niya na, “Kahit sino ang kasama ko, puwede lang akong magdusa ng paghihirap kasama nila, hindi ako puwedeng magtamasa ng mga pagpapala kasama nila,” ang ibig niyang sabihin ay, “Nagdusa ako ng labis na paghihirap at nagpasan ng napakalaking panganib kasama ninyo, pero kapag oras na para magtamasa ng mga pagpapala kasama ninyo, hindi kayo pumapayag.” Sa pagsasabi ng mga salitang ito, nagrereklamo siya, at dahil sa isyung ito, umusbong sa loob niya ang hinanakit. Bagama’t sinabi ng bibig niya na, “Kinasusuklanan ako ng diyos. Iwan ko na ang diyos. Hindi ko siya hahayaang makaramdam ng pagkasuklam,” sa puso niya, ang totoo ay naghihinanakit siya: “Pupunta kayo sa ibang bansa para magtamasa ng mga pagpapala at gusto ninyo akong dispatsahin!” Ito ba talaga ang tunay na nangyari? (Hindi.) Kung gayon, ano nga ba ang nangyari? Inakala niya na pinungusan namin siya dahil gusto namin siyang dispatsahin, hindi dahil hindi niya hinangad ang katotohanan o dahil wala siyang prinsipyo sa mga sinasabi at ginagawa niya. Hindi niya naintindihan na may problema sa kanya. Sa halip, inisip niya na, “Nagdusa ako ng paghihirap kasama mo, kaya dapat din akong magtamasa ng mga pagpapala kasama mo. Talagang kailangan mo akong papasukin sa kaharian at gawin akong isa sa mga tao ng kaharian. Kahit ano pa ang gawin ko, hindi mo ako dapat abandonahin kahit kailan.” Hindi ba’t ito ang nasa isip niya? (Oo.) Ano ang diwa ng ganitong pag-iisip? (Katulad ito ng diwa ni Pablo nang subukan niyang makipagtransaksiyon sa Diyos kapalit ng isang korona.) Tama, ito ang diwa ni Pablo. Nanampalataya siya sa Diyos, sumunod sa Diyos, nagdusa ng paghihirap at nagbayad ng halaga para makakuha ng korona at mapagpala. Wala siyang tunay na pananalig, ni hindi niya hinangad ang katotohanan. Sinubukan lang niyang makipagtransaksiyon sa Diyos. Kung hindi nagtagumpay ang kasunduan, hindi siya pinagpala at pakiramdam niya ay nalugi siya, kaya nagalit siya nang husto, pakiramdam niya ay wala nang pag-asa ang lahat at wala na talaga siyang pag-iingat, at umusbong ang hinanakit sa puso niya. Ito ang mga ipinapakita niya

habang nagsasalita siya. Ano ang sunod na ginawa ng taong ito? Pagkatapos, nagnegosyo ang taong ito, at napalibutan siya ng ilang dalaga. Bagama't wala siyang sinabi na hindi siya nananampalataya sa Diyos, hindi niya ginawa ang tungkulin niya at hindi siya naging tagasunod ng Diyos. Walang sinuman ang nag-akalang isusuko niya ang pagkakataon niyang sumunod sa Diyos at magnenegosyo na lang dahil lang sa pinungusan siya nang kaunti. Ang kanyang galit na galit na asal at kung paano niya ipinamalas ang sarili niya dati ay tila dalawang magkaibang tao. Ito ang kalikasan niya na kusang nalalantad. Noon, hindi niya ito ginawa dahil lamang sa hindi pa lumitaw ang tamang sitwasyon. Ito ang isang aspekto. Ang isa pang aspekto ay itinago niya kung sino siya, nagpanggap siya na hindi siya ganoon, at pinigilan niya ang sarili niya na gawin ito. Kung talagang isa kang mabuting tao, anumang sitwasyon ang nakakaharap mo, kailangan mo munang panindigan ang posisyon mo at kilalanin kung sino ka. Bukod pa rito, kaya bang gawin ng mga taong tunay na may kaunting pagkatao ang mga bagay-bagay at maling gawa na walang pagkatao? (Hindi.) Tiyak na hindi nila iyon kayang gawin. Batay sa usaping ito, malinaw na kapag hindi kayang tanggapin ng mga tao ang katotohanan, ito ang pinakamapanghimagsik na bagay, at nasa pinakamapanganib silang sitwasyon. Kung hindi nila kailanman matatanggap ang katotohanan, sila ay mga hindi mananampalataya. Kung masisira ang pagnanais ng ganitong tao na makatanggap ng pagpapala, iiwanan niya ang Diyos. Bakit? (Dahil ang hinahangad niya ay makatanggap ng pagpapala at magtamasa ng biyaya.) Nananampalataya siya sa Diyos pero hindi naghahangad sa katotohanan. Para sa kanya, ang kaligtasan ay isang palamuti at isang salitang magandang pakinggan. Mga gantimpala, isang korona, at mga kanais-nais na bagay ang hinahangad ng puso niya—gusto niyang makatanggap ng daan-daang pagpapala sa buhay na ito, at gusto niyang makamit ang buhay na walang hanggan sa darating na mundo. Kung hindi niya makukuha ang mga bagay na ito, hindi siya mananampalataya; lilitaw ang tunay niyang mukha, at iiwan niya ang Diyos. Ang pinaniniwalaan niya sa puso niya ay hindi ang gawain ng Diyos, ni ang mga katotohanang ipinapahayag ng Diyos, at hindi kaligtasan ang hinahangad niya, lalong hindi ang gawin nang maayos ang tungkulin niya bilang nilikha; sa halip, katulad ito kay Pablo—ang makatanggap ng maraming pagpapala, magkaroon ng malakas na kapangyarihan, magsuot ng malaking korona, at maging kapantay ng Diyos. Ito ang mga ambisyon at pagnanais niya. Kaya, sa tuwing may kaunting pakinabang o kanais-nais na bagay sa sambahayan ng Diyos, ipinaglalaban niyang makuha ito, sinisimulan niyang iranggo ang mga tao batay sa mga kalipikasyon at senyoridad ng mga ito, at iniisip niya, “Kalipikado ako. Dapat may parte ako rito. Kailangan kong lumaban para makuha ito.” Inilalagay niya ang sarili niya sa pinakapangunahing puwesto sa sambahayan ng Diyos, at pagkatapos ay iniisip niya na karapat-dapat lang na magtamasa siya ng mga pakinabang na ito ng sambahayan ng Diyos. Halimbawa, sa usapin ng pagpunta sa ibang bansa, ang unang iniisip ng taong iyon ay na dapat na makabahagi siya roon, na karamihan ng tao ay hindi niya kasinghusay, hindi nagdusa ng kasingdaming hirap ng sa kanya, hindi kasingkalipikado

niya, hindi nanampalataya sa Diyos nang kasingtagal niya, at hindi niya kasingtagal na naging lider. Ginamit niya ang lahat ng dahilan at pamamaraan ng pagsusuri para iranggo ang sarili niya. Kahit paano niya iranggo ang mga tao, palagi niyang inilalagay sa unahan ang sarili niya, at sa ranggo ng mga kalipikado. Sa huli, pakiramdam niya ay karapat-dapat lang na tamasahin niya ang ganitong pagtrato. Sa sandaling hindi niya ito makuha, at sa sandaling gumuho ang pantasya niya na pagpalain siya at na magkamit ng mga bagay-bagay sa interes niya, may gagawin siya ukol dito, magagalit siya nang husto, makipagtalo siya sa Diyos sa halip na magpasakop at maghanap sa katotohanan. Malinaw na puno na ang puso niya ng mga bagay na ito na hinangad niya, at sapat na ito para ipakita na ganap na hindi kaayon ng katotohanan ang mga bagay na hinangad niya. Gaano man karami ang gawaing ginawa niya, ang layon at intensyon niya ay walang iba kundi ang makakuha ng korona—katulad ng layon at intensyon ni Pablo noon—at mahigpit siyang kumapit dito at hindi kailanman bumitiw. Gaano man ibinahagi sa kanya ang katotohanan, gaano man siya pinungusan, inilantad, at hinimay, mapagmatigas pa rin niyang pinanghawakan ang intensyon niya na pagpalain siya at ayaw niya itong bitiwan. Nang hindi niya natanggap ang pagsang-ayon ng Diyos at nakita niya na gumuho ang pagnanais niya na pagpalain, naging negatibo siya at umurong, inabandona niya ang tungkulin niya at umalis siya. Hindi niya tunay na natupad ang tungkulin niya o hindi siya tunay na nakapagbigay ng magandang serbisyo sa pagpapalaganap ng ebanghelyo ng kaharian, at ganap nitong ibinubunyag na wala siyang tunay na pananalig sa Diyos, hindi siya tunay na nagpasakop, at wala siyang kahit katiting na tunay na patotoong batay sa karanasan—isa lamang siyang lobong nakadamit-tupa na nagtatago sa gitna ng mga tupa. Sa huli, ang isang taong hindi mananampalataya sa kaibuturan niya ay tuluyang nabunyag at natiwalag, at nagwakas na ang buhay niya bilang isang mananampalataya. Ito ay isang halimbawa.

Hindi nag-iisa ang ganitong kaso. Hindi lamang ito ang taong bumagsak at nabunyag ng usapin ng pagpunta sa ibang bansa. Ang halimbawa na ibinigay natin kanina ay tungkol sa isang lalaki, pero may isa pa na tungkol sa isang babae. Sa simula, ang plano ay ang isama rin ang babaeng ito sa pagpunta namin sa ibang bansa. Nang malaman niya ito, tuwang-tuwa siya sa loob-loob niya, at nagsimula siyang magplano at maghanda para dito, pero sa huli, dahil sa iba't ibang kadahilanan, hindi siya nakasama. Noong panahong iyon, hindi siya nasabihan dahil sobrang delikado ang sitwasyon. Sa isang pagpupulong ng mga magkakatrabaho, nalaman niya ang tungkol sa desisyong ito. Suriin ito: Ano kaya ang naging resulta nang malaman ito ng babaeng ito? (Kung may pag-iisip ng normal na tao ang isang tao, malamang na hindi magiging napakatindi ng reaksiyon niya pagkatapos itong malaman. Iisipin niya na dahil mapanganib ang sitwasyon kaya hindi siya nakasama sa pagpunta sa ibang bansa, at magagawa niyang harapin nang tama ang usaping ito. Subalit, kung nalaman ito ng babaeng ito, maaaring nagalit siya nang husto at nagtangkang makipagtalo sa Diyos.) Tama, medyo naarok ninyo ang karakter ng ganitong klase ng mga tao. Ganito ang mga

taong kauri niya—kahit ano pa ang usapin, hindi sila papayag na malamangan ng iba; sa halip, gusto nilang makinabang. Sa lahat ng bagay, kailangan nilang mahigitan ang lahat at maging mas magaling kaysa sa iba. Kailangan nilang maging pinakamahusay sa lahat ng bagay; kailangan nilang makuha ang lahat ng kanais-nais na bagay, at hindi katanggap-tanggap para sa kanila na wala silang parte sa isang bagay. Pagkatapos malaman ng babae ang tungkol sa usaping ito, nagalit siya kaagad at nagpagulong-gulong siya sa sahig habang nagwawala. Lumabas ang malademonyo niyang pag-uugali, at sinermunan niya ang mga katrabaho niya at ibinuhos niya sa kanila ang galit niya. Saan nanggaling ang galit niya? Lumabas na para bang galit siya sa mga kapatid, pero kanino ba talaga siya galit? (Galit siya sa Diyos.) Ito nga ang nangyayari. Kung gayon, ano ang dahilan ng galit niya? Ano ang ugat nito? (Dahil hindi natupad ang kanyang mga pagnanais.) Dahil ito sa hindi siya nagtamo ng kanais-nais na bagay, at hindi natupad ang layon niya. Hindi siya nagtagumpay na makinabang sa pagkakataong ito; sa halip, ang ibang tao ang nakinabang at hindi siya nasali, kaya siya galit na galit; hindi na niya kayang magpanggap; ibinulalas at inilabas niya ang lahat ng kawalang-kasiyahan at sama ng loob na nasa puso niya. Noon, kailangan na palaging siya ang unang nakakaalam kung ano ang mga ginagawa ng ang Itaas. Palagi niyang gustong makipag-ugnayan sa ang Itaas, at hindi siya nakikisalamuha sa mga kapatid. Palagi niyang tinatrato ang sarili niya bilang isang taong nasa mataas na antas, hindi isang karaniwang miyembro, kaya naisip niya na dapat din siyang makapunta sa ibang bansa sa pagkakataong ito—kung walang ibang dapat pumunta, siya ang dapat na pumunta. Siya ang pangunahing kandidato, at nararapat lang siyang tratuhin sa ganitong paraan. Ito ang tunay na saloobin ng puso niya. Ngayon, nakita niya na hindi niya makukuha ang ganitong pagtrato, at na walang saysay lang ang lahat ng paghihirap na tiniis niya sa loob ng maraming taon; wala siya ng katayuang pinaghirapan niyang pangasiwaan at ng pagtrato na ninais niya. Sa isang iglap, naglaho ang lahat ng bagay na ito. Hindi kapani-paniwala na hindi siya makapanloko na makuha ang ganito kalaking bagay na labis niyang ninanais; hindi kapani-paniwala na binitiwang siya, kaya naisip niyang wala siyang mataas na puwesto sa puso ng Diyos, at isa lamang siyang karaniwang tao. Tuluyang gumuho ang pananggalang niya sa puso niya, at hindi na siya nagpanggap o nagkubli ng mga bagay-bagay. Nagsimula siyang magwala, manigaw ng mga tao, maglabas ng sama ng loob, magalit, at maglantad ng kung ano ang likas sa kanya, nang hindi alintana kung ano ang sasabihin o iisipin ng iba. Pagkatapos, ipinadala siya sa isang pangkat para gumawa ng isang tungkulin. Habang ginagawa niya ang tungkulin niya, marami siyang ginawang masamang bagay, at sa huli, sumulat ang mga kapatid sa pangkat ng isang liham na humihiling na patalsikin siya. Ano ang dahilan ng pagpapatalsik sa kanya? Ipinahayag ng mga kapatid na mailalarawan sa isang parirala ang kasamaang ginawa niya: napakarami nito na hindi ito kayang isulat lahat! Sa madaling salita, napakarami niyang ginawang kasamaan, at masyadong malubha ang kalikasan ng ginawa niya—hindi ito maipaliwanag nang malinaw sa isa o dalawang

pangungusap lamang, o maisalaysay sa isa o dalawang kuwento lamang. Hindi mabilang ang kasamaang ginawa niya at sobrang nagalit dito ang mga tao, kaya, pinatalsik siya ng iglesia. Ang masasamang bagay na ginawa niya ay hindi niya ginawa bago pa lumitaw ang isyu ng usapin ng pagpunta sa ibang bansa, kaya bakit kaya niyang gawin ang mga bagay na ito pagkatapos lumitaw ang isyu? Dahil hindi nagresulta ayon sa gusto niya ang usapin ng pagpunta sa ibang bansa. Malinaw na ang masasamang bagay na ginawa niya at ang kapangitang ibinunyag niya ay isang uri ng paghihiganti at paglalabas ng sama ng loob na dulot lamang ng hindi niya nakuha ang kanais-nais na bagay na ito. Sabihin mo sa Akin, kapag naharap sa ganitong sitwasyon ang isang taong tunay na naghahangad sa katotohanan at may pagkatao, kahit hindi siya nakakaunawa ng maraming katotohanan, may kakayahan ba siyang magpakita ng mga ganitong pagpapamalas? May kakayahan ba siyang magbunyag ng mga ganitong bagay? Hindi gagawa ng mga bagay na ito ang sinumang may kaunting pagkatao, kaunting konsensiya, at kaunting pakiramdam ng kahihiyan, bagkus ay pipigilan nila ang sarili nila. Bagama't hindi masaya ang puso nila, hindi nasisiyahan, at may kaunting kirot, iniisip nila na karaniwang tao lamang sila, na hindi sila dapat makipaglaban para makuha ang bagay na ito, na dapat hangarin ng mga nananampalataya sa Diyos ang katotohanan, magpasakop sa mga pamamatnugot ng Diyos sa lahat ng bagay, na wala silang dapat na pagpipilian, at na ang mga tao ay mga nilikha at hindi kahanga-hanga sa kahit anong paraan. Malulungkot sila nang ilang araw, pero kalilimutan na nila ito pagkatapos. Patuloy pa rin silang mananampalataya gaya ng nararapat, at hindi gagawa ng masama o maghihiganti dahil sa bagay na ito, at hindi rin sila maglalabas ng sama ng loob dahil dito. Sa kabaligtaran, dahil lamang sa isang maliit na bagay, ang mga taong hindi naghahangad sa katotohanan at may napakasamang karakter ay may kakayahang magpakita ng lahat ng masamang gawang ito na hindi nila kailanman nagawa noon. Ipinapakita nito ang problema. Ipinapakita nito ang pagkataong diwa ng mga ganitong uri ng tao, at ipinapakita ang mga tunay na paghahangad ng mga ganitong uri ng tao, ibig sabihin, ganap na nalalantad ang tunay nilang mukha sa pamamagitan ng pagkakabunyag sa isyung ito. Una, ganap na sa isang anticristo ang diwa nila. Pangalawa, hindi nila kailanman hinangad ang katotohanan, ni hindi nila kailanman itinuring ang sarili nila bilang ang pakay ng pagliligtas at hindi sila kailanman nagpasakop sa mga pamamatnugot at pagsasaayos ng Diyos. Hindi sila naghahangad ng pagpapasakop sa Diyos; naghahangad lamang sila ng katayuan at kasiyahan; naghahangad lamang sila ng magandang pagtrato, at naghahangad lamang na maging kapantay ng Diyos. Tinatamasa rin nila ang anumang tinatamasa ng Diyos. Sa ganitong paraan, hindi walang saysay ang pagsunod nila sa Diyos. Ito ang mga bagay na hinahangad nila. Ito ang kalikasang diwa ng mga ganitong uri ng tao; ito ang tunay nilang mukha, at ang panloob na kalagayan ng puso nila. Tinapos ng isyung ito ang dalawampung taon ng pananalig ng babaeng ito—nauwi lang sa wala ang lahat.

Sabihin mo sa Akin, nasaan na dapat ang dalawang taong ito ngayon? Nasa loob ba dapat ng iglesia o sa ibang lugar? (Sa mundong walang pananampalataya.) Bakit mo

nasabi iyan? Paano ninyo ito napagpasyahan? Saan nakabatay ang mga salita ninyo? (Dahil sila ay mga hindi mananampalataya, at ang pananampalataya nila sa Diyos ay hindi para sa paghahangad na gawin ang mga tungkulin nila bilang mga nilikha. Sa huli, hindi makakapanindigan sa pananalig nila ang mga ganitong tao, at ang maaari lamang sa kanila ay ang bumalik sa mundo.) Sa huli, hindi sila makakapanindigan sa pananalig nila, pero hindi pa naman ito ang katapusan, kaya paanong naglaho na sila? Dapat mong tingnan kung ano ang iniisip nila sa loob-loob nila. Nakakagawa lamang sila ng mga ganitong bagay, at nakakagawa ng mga ganitong pasya kapag mayroong mga saloobin sa puso nila. Paano nila inanalisa at sinuri ang usaping ito na nagtulak sa kanila na pumili ng ganitong landas? Sa loob ng puso nila, naisip nila, “Nanampalataya ako sa diyos sa loob ng maraming taon at nagdusa ng labis na paghihirap. Palagi kong pinananabikan ang araw na magiging kilala ako. Sa pagsama sa ang itaas, magiging kilala ako at maipapakita ko ang mukha ko. Ngayon, sa wakas, may pagkakataon na akong makapunta sa ibang bansa. Malaking bagay ito! Isa itong bagay na hindi ko kailanman naisip bago ako nanampalataya sa diyos. Katulad ito ng pagkamit ng korona sa pamamagitan ng pananampalataya sa diyos, pero hindi pala ako kasama sa napakakanais-nais na bagay na ito. Hindi ko ito makuha. Dati, inakala ko na mayroon akong tiyak na puwang sa puso ng diyos, pero ngayon, nakikita ko na hindi pala ganoon. Mukhang wala akong makukuhang anumang kanais-nais na bagay mula sa pagsunod sa diyos. Hindi nila ako naisip pagdating sa malaking bagay tulad ng pagpunta sa ibang bansa, kaya, hindi ba’t mas maliit ang tsansa ko na makakuha ng korona sa hinaharap? Hindi sigurado kung sino ang makakakuha nito, at mukhang wala akong pag-asa rito.” Handa pa rin ba silang sumunod sa Diyos nang maisip nila na wala nang pag-asa? Ano ang layon nila sa pagdurusa ng paghihirap at pagbabayad ng halaga noon? Dahil lamang iyon sa maliit na pag-asa, sa mga munting ideya na pinanghawakan nila sa puso nila, kaya sila kumilos at nagpamalas ng sarili nila sa ganoong paraan. Ngayong gumuho na ang pag-asa nila at wala nang saysay ang mga ideya nila, kaya ba nilang patuloy na manampalataya? Kaya ba nilang makontentong manatili sa sambahayan ng Diyos at gawin ang tungkulin nila? Kaya ba nilang tanggapin na wala silang makakamit at kaya ba nilang magpasakop sa mga pamamatnugot at pagsasaayos ng Diyos? Napakalaki ng mga ambisyon at pagnanais ng mga anticristo, kaya tiyak na hindi sila magiging handa na ganito ang resulta ng lahat ng pagsisikap nila at ng halagang ibinayad nila. Ang pinapangarap nila ay ang makakuha sila ng korona at mga kanais-nais na bagay bilang kapalit ng halagang ibinabayad nila at ng mga pagsisikap nila, na anuman ang kanais-nais na bagay na mayroon sa sambahayan ng Diyos, dapat makabahagi sila—ayos lang kung wala ang iba, pero dapat mayroon sila. Kaya ba ng mga taong may ganoon kalakas na ambisyon at kasakiman na gawin ang tungkulin nila at magsikap nang walang anumang natatanggap na kapalit? Tiyak na hindi nila kayang isakatuparan ito. Sinasabi ng ilang tao, “Hayaan silang hangarin ang katotohanan. Kapag napakinggan na nila ang maraming katotohanan, hindi ba’t maisasakatuparan nila ito?” May ibang tao na

nagsasabi, “Kung kinakastigo at hinahatulan sila ng Diyos, hindi ba’t babaguhin sila nito?” Ito ba ang nangyayari? Hindi kinakastigo at hinahatulan ng Diyos ang mga taong tulad nito, at hindi rin Niya inililigtas ang mga taong tulad nito. Ang mga ganitong uri mismo ng tao ang ititiwalag Niya. Ano ang pagkakaiba ng sinabi Ko kumpara sa sinabi ninyo ngayon lang? Ang sinabi ba ninyo ang tunay na saloobin ng puso nila? Ito ba ang pagpapamalas ng diwa ng mga ganitong uri ng tao? (Hindi.) Kung gayon, ano ba ang sinabi ninyo? (Mga damdamin at mga walang kabuluhanang teorya.) Ang kalikasan ng sinabi ninyo ay medyo mapag-analisa at mapanuri, at sinusuri at tinutukoy sila batay sa teorya. Hindi ito ang tunay nilang mga kaisipan at mga pagbubunyag, at hindi rin ito ang mga tunay nilang pananaw. Isa itong pagpapamalas ng mga taong may diwa ng isang anticristo. Kung may isang kanais-nais na bagay na hindi nila nakuha, isang pakinabang na hindi nila natamasa, o isang benepisyo na hindi nila natamo, nagagalit sila nang husto, nawawalan sila ng pananalig sa pananampalataya sa Diyos at sa paghahangad sa katotohanan, ayaw na nilang manampalataya sa Diyos, gusto nilang lumayo, at gumawa ng masasamang bagay. Gumagawa sila ng masasamang bagay para maglabas ng sama ng loob at maghiganti—maglabas ng mga mali nilang pagkaunawa tungkol sa Diyos at ng hinanakit nila sa Diyos. Dapat bang pangasiwaan ang mga taong ito? Dapat ba silang pahintulutan na patuloy na gawin ang tungkulin nila sa iglesia? (Hindi.) Kung gayon, paano dapat pangasiwaan ang mga taong ito? (Dapat silang patalsikin.) Mayroon bang sinuman na huminto sa pananampalataya dahil hindi sila makapunta sa ibang bansa? (Oo.) Anong klaseng mga tao ito? (Mga hindi mananampalataya. Nananampalataya lang sila sa Diyos para maghangad na pagpalain, at kapag hindi natugunan ang mga ambisyon at pagnanais nila, ipinagkakanulo nila ang Diyos.) Kaya nilang huminto sa pananampalataya sa Diyos dahil lang sa isang maliit na bagay na gaya nito. Hindi masasabing may tunay na pananampalataya o huwad na pananampalataya ang mga ganitong tao—masyadong mababa ang karakter nila!

Ikatlong Kaso: Pakiramdam na Imposibleng Patuloy na Mamuhay Pagkatapos na Umuwi sa Kanayunan

May mga taong ipinanganak sa kanayunan, at walang sapat na pera ang pamilya nila para mabuhay. Simple lang ang mga kagamitan nila sa pang-araw-araw na buhay, at bukod sa isang matigas na kama, isang aparador at isang mesa, wala nang iba pang kasangkapan sa bahay nila. Gawa sa ladrilyo o lupa ang sahig nila—ni wala silang sementadong sahig. Napakapayak ng kalagayan nila. Pagkatapos manampalataya sa Diyos, ginagawa nila ang tungkulin nila ng pangangaral ng ebanghelyo, at pumupunta sila sa ilang mayamang lugar. May ganitong babae na tumingin-tingin sa paligid at nakita niya na karamihan sa mga kapatid ay may mga sahig na gawa sa kahoy o baldosa; may wallpaper ang mga pader; napakalinis ng mga bahay nila, at puwede silang maligo araw-araw. Marami rin silang kasangkapan sa tahanan nila: mga patungan ng telebisyon at malalaking aparador, pati na mga sofa at aircon. Ang mga kuwarto nila ay may mga

Simmons na kama, at kompleto sa appliances ang kusina nila: mga refrigerator, microwave, oven, kalan, range hood, at iba pa. Nakakahilo iyong tingnan. Bukod dito, sa malalaking lungsod tulad nito, may ilang lugar kung saan puwede siyang gumamit ng elevator para mag-akyat-baba sa iba't ibang palapag. Binuksan ng lugar na ito ang mga mata niya, at pagkatapos gumawa at mangaral ng ebanghelyo roon nang ilang panahon, ayaw na niyang bumalik. Bakit nga ba? Naisip niya, “Ang bahay namin na gawa sa lupa ay walang panama sa lugar na ito kahit sa anong aspekto. Nananampalataya kaming lahat sa diyos, kaya bakit mas higit na maganda ang pamumuhay ng mga taong ito kaysa sa pamilya ko? Parang langit ang buhay ng mga taong ito. Nakatira sa kulungan ng baboy ang pamilya ko—lubhang mas malala ito kaysa sa mga taong ito!” Pagkatapos niyang magkumpara, sumama ang loob niya, lalo siyang napalapit sa lugar na ito at lalong ayaw na niyang bumalik. Naisip niya, “Kung makagagawa ako rito nang pangmatagalan, hindi ko na kakailanganin pang umuwi, hindi ba? Hindi bagay na panirahan ng mga tao ang lunggang iyon na gawa sa lupa.” Nanatili siya sa malaking lungsod nang ilang panahon at natutunan niya kung paano kumain, magbihis, at magtamasa ng buhay gaya ng mga taga-lungsod, at natutunan niyang mamuhay katulad ng mga ito. Pakiramdam niya ay napakaganda ng buhay sa mga araw na iyon. Mainam kapag may pera. Walang kinabukasan ang mga tao sa pagiging mahirap. Minamaliit lang ng iba ang mahihirap na tao, at sila mismo ay nangmamaliit sa sarili nila. Habang mas iniisip niya ito, mas lalong ayaw niyang bumalik, pero wala siyang magawa—kailangan niyang umuwi. Pagkauwi niya, halo-halong emosyon ang naramdaman niya sa puso niya at napakahirap nitong tanggapin. Pagpasok niya sa bahay, nakita niya na gawa sa lupa ang sahig, at nang umupo siya sa papag, sobrang tigas nito at hindi komportable. Nang hawakan niya ang mga pader, nabalot ng lupa ang kamay niya. Kapag nagbabanggit siya ng masarap na pagkain na gusto niyang kainin, walang nakakaintindi sa mga pangalan nito, at wala ring mga pasilidad na mapagliliguan niya kapag gusto niyang maligo bago matulog. Naisip niya na napakababa ng ganitong pamumuhay, at naghinakit siya sa mga magulang niya dahil sa pagiging dukha nila, na hindi nila kayang bilhin ang anumang gusto niya, at palagi siyang nawawalan ng pasensiya sa kanila. Simula nang bumalik siya, para bang naging ibang tao na siya. Mapanghamak niyang tiningnan ang mga kapamilya niya at pati na ang lahat sa loob ng tahanan niya, iniisip na napakaatrasado nito na hindi na niya kayang tumira doon, at kung patuloy siyang mamumuhay roon, mamamatay siya sa mga hinaing. Nagmulat sa mga mata niya ang pag-alis sa bahay nila, pero nakasama ito, na naging dahilan para magalit sa kanya nang husto ang mga magulang niya. Sa puntong iyon, pumasok sa isip niya ang isang ideya: “Kung hindi nanampalataya sa diyos ang mga magulang ko, at kung hindi rin ako nanampalataya sa diyos, tiyak na magiging mas maganda ang buhay namin kaysa sa ngayon. Kahit hindi mga Simmons na kama ang tinutulugan namin, kahit papaano ay makakakain kami nang mas maayos, at makakapaglagay kami ng mga baldosa sa sahig.” Inisip niya na bunga ito ng pananampalataya sa Diyos, na ang pananampalataya sa Diyos ay nangangahulugang

dapat mahirap ang isang tao, na hindi puwedeng magkaroon ng magandang buhay kung nananampalataya ang isang tao sa Diyos, at hindi makakakain ng masasarap na pagkain o makakapagsuot ng magagandang damit. Mula noon, ang kamangha-manghang babaeng bayani na ito na may naisakatuparan sa ilang lalawigan ay hindi na makabawi at inaantok siya buong araw. Nahihirapan siyang bumangon sa umaga, at ang unang ginagawa niya ay maghanda at maglagay ng kolorete, at pagkatapos ay magsuot ng mga damit na karaniwang sinusuot ng mga tao sa siyudad. Pagkatapos, nagbabato siya ng masungit na tingin at pinag-iisipan niya kung kailan siya makakaalis sa buhay-probinsiyang ito at makapamumuhay tulad ng mga tao sa siyudad. Nawala na lahat ang mga sermon na dati niyang ipinangaral at ang determinasyong mayroon siya noon—nakalimutan na niya ang lahat ng ito. Ni hindi na niya alam kung isa ba siyang mananampalataya. Ganito kabilis ang pagbabago niya. Dahil medyo namulat na siya at nagbago ang kapaligiran at kalidad ng pamumuhay niya, nabunyag siya.

Noon, naglakbay ang babaeng ito sa iba't ibang lugar para mangaral at gumawa ng gawain. May matibay siyang determinasyon at kamangha-manghang lakas, pero panlabas lamang ang mga ito. Kahit siya ay hindi alam kung ano ang hinangad niya sa kaibuturan niya, kung ano ang gusto niya, at kung anong uri siya ng tao. Ang isang karanasan ng pagpunta sa siyudad ang nagbago sa kaibuturan ng kalagayan ng buhay niya, at ang isang panahon ng pagdanas ng mayamang pamumuhay ay lubos na nagpabago sa direksiyon ng kanyang buhay. Ano ba mismo ang dahilan? Sino ang nagpabago sa kanya? Hindi puwedeng ang Diyos, hindi ba? Siyempre, hindi. Kung gayon, ano ang dahilan? Ito ay dahil ibinunyag siya ng kapaligiran, ibinunyag ang kalikasang diwa niya, at ibinunyag ang kanyang mga paghahangad at landas na tinatahak. Anong landas ang tinatahak niya? Hindi ito ang landas ng paghahangad sa katotohanan, hindi rin ito ang landas ni Pedro, ni ang landas ng mga inililigtas at pineperpekto, ni ang landas ng paghahangad na tuparin ang tungkulin ng isang nilikha; sa halip, ito ang landas ng isang anticristo. Sa partikular, ang landas ng isang anticristo ay ang landas ng paghahangad ng reputasyon, katayuan, at mga materyal na kasiyahan. Ito ang diwa ng mga taong tulad nito. Kung hindi ito ang mga bagay na hinahangad niya, at kung isa siyang taong naghahangad sa katotohanan, tiyak na hindi siya ibubunyag ng ganitong maliit na pagbabago sa kapaligiran. Pinakamalala na, medyo magiging mahina ang puso niya, medyo sasama ang loob niya, at medyo magiging masakit ito para sa kanya, o magkakaroon siya ng ilang hangal na pagpapamalas, pero hindi hanggang sa punto na mabubunyag siya nang ganito katindi. Ano ang diwa ng mga paghahangad ng mga ganitong tao? Naghahangad sila ng mga bagay na pareho ng sa mga walang pananampalataya, at ng mga bagay na pareho sa sinumang tao sa mundong ito na naghahangad ng kasikatan, pakinabang, at masasamang kalakaran. Gusto nila ang mga maposturang pananamit ng mga walang pananampalataya, tulad ng kung paano sinusunod ng mga walang pananampalataya ang masasamang kalakaran, at lalo pang gusto nila ang pagkahumaling ng mga walang pananampalataya sa marangyang

pamumuhay ng laman. Kaya, sa isang pagbabago sa kapaligiran niya, ganap na nagbago ang pananaw ng babaeng ito sa buhay at ang saloobin niya sa mundong ito at sa buhay. Naisip niya na ang pananampalataya sa Diyos at ang paghahangad sa katotohanan ay hindi ang pinakamahalaga, at na kapag buhay ang mga tao sa mundong ito, dapat nilang tamasahin ang laman at ang buhay, dapat nilang hangarin ang mga uso, at dapat silang maging katulad ng mga kaakit-akit at magagarang tao sa lipunan na nililingon ng mga tao kapag dumadaan sila, na kinaiinggitan ng iba, at iniidolo ng mga tao. May ilang tao na, pagkatapos makatagpo ng mas maraming kapaligiran, makatagpo ng iba't ibang uri ng tao, at mamulat, dahil hinahangad nila ang katotohanan at dahil nauunawaan nila ang mga layunin ng Diyos, mas nakakakilatis sila sa masasamang kalakaran na ito at sa sangkatauhan. Mas nagagawa nang kamuhian ng puso nila ang landas na tinatahak ng mga makamundong tao, at nakikilatis na nila ito at ganap na naaabandona sa paghahangad nilang tumahak sa landas na iginigiya sa kanila ng Diyos. Para naman sa mga taong hindi naghahangad sa katotohanan at may diwa ng anticristo, sa sandaling mamulat sila at makatagpo sila ng iba't ibang kapaligiran, bukod sa hindi nababawasan ang mga ambisyon at pagnanais nila, lalo pang lumalago at lumalaki ang mga ito. Kapag lumaki na ang mga ambisyon at pagnanais nila, lalong kinaiinggitan ng mga taong ito ang buhay ng mga tao sa mundo na nagtatamasa ng magagandang bagay at may pera at impluwensiya, at nakakaramdam sila ng paghamak sa buhay ng mga mananampalataya sa kaibuturan ng puso nila. Iniisip nila na hindi hinahangad ng karamihan sa mga mananampalataya ang mundo, na ang mga ito ay walang pera, walang katayuan, walang impluwensiya, at wala pang masyadong karanasan sa mundo, na ang mga ito ay hindi kasingkaakit-akit ng mga walang pananampalataya, hindi nakakaunawa kung paano tamasahin ang buhay gaya ng mga walang pananampalataya, at hindi masyadong nagpapasikat ang mga mananampalatayang ito gaya ng mga walang pananampalataya. Bilang resulta, lalong lumalalim sa puso nila ang pagsalungat at pagkamapanlabansa pananampalataya sa Diyos. Kaya, para sa maraming tao na may diwa ng anticristo, mula nang magsimula silang manampalataya sa Diyos hanggang ngayon, hindi matutukoy kung sila ba ay talagang isang taong may diwa ng anticristo, pero balang araw, kapag dumating na ang tamang kapaligiran, ibubunyag sila nito. Noon, nang hindi pa nabunyag ang mga taong ibinunyag, sinusunod din nila ang mga panuntunan at ginagawa ang dapat nilang gawin. Anuman ang ipinapagawa sa kanila ng sambahayan ng Diyos, ginagawa nila ito, at nagagawa nilang magtiis ng paghihirap at magbayad ng halaga. Mukha silang nagpapahalaga sa tungkulin, mga taong nasa tamang landas, at may wangis at tindig ng mga taong nananampalataya sa Diyos. Gayumpaman, anuman ang ginagawa nila sa panlabas, hindi nakayanan ng diwa at landas na tinatahak nila ang pagsubok ng panahon, o ang pagsubok ng iba't ibang kapaligiran. Gaano man karaming taon nananampalataya sa Diyos ang isang tao, at gaano man kalakas ang pundasyon ng pananampalataya niya, kung mayroon siyang diwa ng isang anticristo at kung nasa landas siya ng isang anticristo, tiyak na hahangarin niya ang mga materyal na

kasiyahan, marangyang pamumuhay, masaganang materyal na pagtrato, at higit pa rito, hahangarin niya ang bawat uri ng kanais-nais na bagay, habang kasabay nito ay kaiinggitan niya ang saloobin at pamamaraan ng mga makamundong tao sa pamumuhay. Sigurado ito. Kaya, bagama't nakikinig ang lahat ngayon sa mga sermon, kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, at ginagawa nila ang mga tungkulin nila, ang mga taong gumagawa nito pero hindi naghahangad sa katotohanan ay tiyak na maghahangad ng mga materyal na bagay. Magiging prayoridad ang mga bagay na ito sa puso nila, at sa sandaling dumating ang tamang kapaligiran o sitwasyon, lalago at magiging aktibo ang mga pagnanais nila. Sa sandaling umabot ito sa puntong ito, saka sila mabubunyag. Kung hindi hahangarin ng mga tao ang katotohanan, darating sa kanila ang araw na ito sa malao't madali. Para sa mga taong naghahangad sa katotohanan, nakakaunawa sa katotohanan, at sa mga taong ang katotohanan ang pundasyon nila, kapag sumapit na ang mga tukso at kapaligirang ito, nagagawa nilang harapin ang mga ito nang tama, tanggihan ang mga ito, at manindigan sa patotoo nila sa Diyos. Kapag dumating ang mga tuksong ito, nagagawa rin nilang kilatisin kung ano ang positibo at kung ano ang negatibo, at alamin kung isa ba itong bagay na gusto nila. Katulad lang ito ng kung paanong may ilang babae na hindi interesado sa mga lalaking nanliligaw sa kanila kahit gaano pa karami ang pera ng mga lalaki. Bakit hindi sila interesado? Dahil hindi maganda ang karakter ng mga lalaking iyon. May mga babae naman na hindi naghahanap ng kapareha dahil walang mayayamang lalaki na nanliligaw sa kanila. Kung may lalaking may pera na manliligaw sa kanila at bibilhan sila ng damit na may tatak na nagkakahalaga ng 20,000 yuan, maaakit sila, at kung bibilhan sila ng lalaking iyon ng mink coat na nagkakahalaga ng 100,000 yuan, o ng isang malaking diyamante, maganda at malaking bahay, at kotse, agad silang magiging handang pakasalan ang lalaking ito. Kaya, noong sabihin ng mga babaeng ito na hindi sila mag-aasawa, totoo ba ito o hindi? Kasinungalingan ito. Kaya, maraming tao ang nagsasabi na hindi nila hinahangad ang mundo at hindi hinahangad ang magandang kinabukasan at mga kasiyahan ng mundo, pero iyon ay kapag walang mga tukso sa harapan nila; kapag hindi paborable ang kapaligiran para doon. Sa sandaling dumating ang isang paborableng kapaligiran, masasadlak sila nang malalim dito at hindi sila makakaahon. Katulad lang ito ng ibinigay nating halimbawa. Hindi inalis ng babae ang sarili niya sa sitwasyon. Pagkatapos tamasahin ang buhay sa siyudad sa loob ng ilang panahon, hindi na niya kilala ang sarili niya at naligaw na siya. Kung inilagay siya sa isang palasyo, dapat sana ba ay tinulak niya ang mga magulang niya na magpakamatay sa lalong madaling panahon para hindi madungisan ang pangalan niya? Ang mga ganitong tao ay kayang gumawa ng kahit anong kahangalan alang-alang sa kanilang kasiyahan, reputasyon, marangyang pamumuhay, at mataas na kalidad ng buhay. Sila ay walang kuwenta at may mababang karakter. Ni minsan ba ay hinangad ng mga ganitong tao ang katotohanan? (Hindi.) Kung gayon, saan nanggaling ang mga sermon na ipinangaral niya? Mayroon ba siyang mga sermon na ipapangaral? Ang ipinangaral niya ay hindi mga sermon, kundi doktrina. Nagpapakitang-gilas lang siya at

inililihis niya ang mga tao, hindi siya nangangaral ng mga sermon. Nangaral siya ng napakaraming sermon, kaya paanong hindi niya malutas ang sarili niyang mga problema? Alam ba niya na puwede siyang umabot sa puntong ito? Malinaw ba niyang nakita ang mga bagay-bagay? Nangaral siya ng napakaraming sermon, pero pagkatapos niyang tamasahin ang buhay sa siyudad nang ilang panahon, hindi niya mapagtagumpayan ang mga ganitong tukso at hindi siya makapanindigan sa kanyang patotoo. Kaya, mga sermon ba iyong mga ipinangaral niya? Malinaw na hindi. Ito ang ikatlong kaso.

Ikaapat na Kaso: Pandaraya sa Paggamit ng mga Handog para Mabayaran ang mga Utang

Dati, noong nasa mainland Tsina Ako, kinailangan naming makahanap ng medyo ligtas na lugar para makapagpulong ang mga magkakatrabaho, kaya nakahanap kami ng pamilyang magho-host. Handa kaming patuluyin ng pamilyang ito at tulungang protektahan ang lugar na iyon. Gayumpaman, paglipas ng ilang panahon, naisip ng pamilya, “Mukhang balak ninyong magtipon dito nang pangmatagalan. Hindi kayo maaaring magkita-kita kahit saan maliban sa bahay ko, kaya dapat kong gamitin ang pagkakataong ito para samantalahin ang sitwasyon. Hindi ba’t hangal ako kung hindi ko gagawin iyon?” Minsan, nang magtipon kami para sa isang pulong ng mga magkakatrabaho at hindi pa nakarating ang lahat ng kasali sa pulong, may isang taong pumunta sa bahay ng pamilyang nagho-host nang walang malinaw na dahilan, at umupo ito sa sala at hindi na umalis. Dumating ang taong tagapagpatuloy ng mga kapatid at sinabi niya na naroon ang taong ito para maningil ng utang, at nanghiram daw sila ng pera sa taong ito ilang taon na ang nakalipas at hindi pa nila ito nababayaran. Ano sa tingin ninyo ang nangyayari dito? Puwede namang dumating ang taong ito noon pa, o puwedeng kalaunan pa siya dumating, pero nagkataon talaga na dumating siya sa eksaktong oras na iyon para maningil ng utang. Nagkataon lang ba ito, o sinadya ba itong planuhin ng isang tao sa ganitong paraan? Hindi mo maiiwasang magsuspetsa. May kahina-hinalang nangyayari. Ano nga ba ang nangyayari? Hindi ba’t may masasamang intensiyon ang pamilya at sinadya nilang papuntahin ang taong iyon? (Oo.) Sabi Ko, “Paalisin ninyo siya kaagad.” Sabi ng taong tagapagpatuloy ng mga kapatid, “Hindi siya aalis hangga’t hindi siya nababayaran.” Sabi Ko, “Bakit hindi mo siya bayaran?” Paikut-ikot ang sagot ng taong nagpapatuloy sa kanyang bahay, nagpapahiwatig na hindi nila ito babayaran kahit na mayroon silang pera—gusto nilang makalibre sa utang. Naghintay roon ang naniningil ng utang at hindi pa rin ito umaalis hanggang sa malapit nang dumating ang ilan pang katrabaho. Ano ang planong gawin ng taong tagapagpatuloy ng mga kapatid? Hindi ba’t isa itong planadong pakana? (Oo.) Maya-maya, may sinabihan Ako na bigyan ng pera ang taong tagapagpatuloy ng mga kapatid at hiniling Ko sa tagapagpatuloy na alisin niya agad ang naniningil ng utang. Matapos ibigay sa taong tagapagpatuloy ng mga kapatid ang pera, sa loob ng kalahating oras, umalis na ang naniningil ng utang. Batay sa aming sentido komun, hindi na dapat bumalik ang naniningil ng utang, pero hindi pa tapos ang

isyung ito. Makalipas ang isang buwan, bumalik uli ang naniningil ng utang bago ang isang pulong ng mga katrabaho. Sinabi ng taong tagapagpatuloy ng mga kapatid na noong nakaraan, kpiraso lang ng utang ang nabayaran, hindi lahat. Ano ang layon niya sa pagsasabi nito? Para muling pabayaran sa sambahayan ng Diyos ang utang niya. Katulad ito ng dati, matapos ibigay sa taong tagapagpatuloy ng mga kapatid ang pera, umalis na ang naniningil ng utang. Simula noon, sa tuwing pumupunta kami roon para magpulong, hindi na bumalik pa ang naniningil ng utang dahil nabayaran na namin ang utang niya sa dalawang hulugan. Nag-alala siya na kung humingi siya ng malaking halaga kaagad, hindi kami papayag na magbayad, kaya dalawang hulo ang hiningi niya. Paano dapat ituring ang perang ito? Ipinahiram ba ito ng sambahayan ng Diyos sa kanya, o minanipula ba niya ang sambahayan ng Diyos para ibigay ito sa kanya? (Minanipula niya ang sambahayan ng Diyos.) Sa katunayan, nilansi niya ang sambahayan ng Diyos para ibigay sa kanya ang pera. Kaya, bakit ibinigay ng sambahayan ng Diyos ang pera sa kanya? Hindi ba puwedeng hindi na lang namin ibinigay sa kanya ang pera? Tatal, makatwiran at legal naman kung hindi namin ibigay ang pera sa kanya, pero ibig sabihin niyon ay hindi makakapagpulong ang mga magkakatrabaho. Kaya, ano ba ang pangangatwiran namin sa pagbibigay nito sa kanya? Noong panahong iyon, ang iniisip Ko ay ang ituring ang perang ito bilang bayad sa upa. Kung umupa kami ng isang hostel o sports arena, hindi ba't gagastos din kami ng pera? Hindi kami puwedeng magpulong sa mga lugar na iyon at hindi rin ito ligtas. Dito, tinutulungang protektahan ng taong tagapagpatuloy ng mga kapatid ang lugar na ito at nakakasiguro kami sa aming seguridad, kaya makatwiran ba para sa sambahayan ng Diyos na gumastos ng kaunting pera para mabayaran ang mga utang niya? (Oo.) Kaya lang, hindi ibinigay ang pera sa makatarungang paraan. Gayumpaman, sa isang kapaligiran tulad ng bansa ng malaking pulang dragon, madalas na kinakailangang gawin ang ganitong uri ng bagay.

May masamang pagkatao ang ilang tao, at hindi sila lubos na handang gawin ang tungkulin ng pagho-host. Ginagamit natin sila para protektahan ang lugar na kinaroroonan natin, kaya kailangan natin silang tulutan na makinabang nang kaunti sa sitwasyon. Subalit, pagkatapos nilang makinabang, kaya pa rin ba nilang magtamo ng kaligtasan? Hindi. Hindi naman sa ayaw silang iligtas ng Diyos, kundi hindi kayang magkamit ng kaligtasan ang ganitong uri ng tao. Nilalansi at sinasamantala nila ang sinuman. Kapag ginagawa nila ang mga tungkulin nila at sinusubukan nilang maghanda ng mabubuting gawa, palagi nilang kailangang makapanghuthot ng isang kanais-nais na bagay mula rito, at kahit sino man ang nakakasalamuha nila, sumusunod sila sa prinsipyo na palaging makinabang at hindi kailanman magpadehado. Ito ang prinsipyong sinusunod nila sa paggawa ng mga tungkulin sa sambahayan ng Diyos. Kaya, saan nanggagaling ang "mabubuting gawa" na ito? Binili at binayaran ng sambahayan ng Diyos ang mga ito, sa halip na ang mga taong ito mismo ang maghanda ng mabubuting gawa; hindi sila naghahanda ng mabubuting gawa. Nagbibigay sila ng lugar, gumagastos ng pera ang sambahayan ng Diyos, at itinuturing iyon bilang bayad sa upa. Wala itong kinalaman sa

mabubuting gawa, at hindi nila ito mabubuting gawa. Anong klaseng pag-uugali ito kapag ang isang tao ay nagpapanggap na nagbibigay ng lugar para sa mga kapatid alang-alang sa sambahayan ng Diyos para madayang makakuha ng pera o ng mga gamit sa sambahayan ng Diyos? Anong klaseng karakter mayroon ang ganitong uri ng tao? Puwede bang tandaan ng Diyos ang pag-uugali nila? Ano ang ranggo ng karakter nila sa puso ng mga tao at sa puso ng Diyos? Ang paghahanda ng mabubuting gawa ay isang bagay na dapat mong ihanda—naghahanda ka ng mabubuting gawa alang-alang sa iyong hantungan, at ang lahat ng ginagawa mo ay para sa sarili mo, hindi para sa iba. Sa pamamagitan ng paggawa ng dapat mong gawin, nakatanggap ka na ng gantimpala, at natamo mo na ang kanais-nais na bagay na nilayon mo, kaya, ano ang tingin ng Diyos sa iyo sa puso Niya? Gumagawa ka ng mabubuting bagay para makamit ang sarili mong mga interes, hindi para makamit ang katotohanan o ang buhay, lalong hindi para palugurin ang Diyos. Maililigtas pa rin ba ng Diyos ang mga ganitong tao? Hindi, hindi Niya gagawin. Naghahanda lang sila ng isang maliit na mabuting gawa at gumagampan ng isang maliit na obligasyon at tungkulin, pero iniaabot nila ang kanilang kamay at humihingi sila ng kabayaran mula sa sambahayan ng Diyos, nangunguripot sila kahit sa pinakamaliit na makukuha nila sa sambahayan ng Diyos, at nag-iisip sila ng iba't ibang paraan para lansihin ang sambahayan ng Diyos at magkamit ng mga kanais-nais na bagay, at sinisiguro nilang hindi sila madedehado kahit kailan, na para bang nakikipagnegosyo sila. Sa ganitong paraan, ang mabuting gawa na ito ay hindi isang mabuting gawa—naging isang masamang gawa ito, at bukod sa hindi ito tatandaan ng Diyos, bubuwagin at aalisin Niya ang karapatan ng mga taong ito na maligtas. Nang pagbayarin ng taong tagapagpatuloy ng mga kapatid ang sambahayan ng Diyos sa utang niya, medyo likas ba itong madaya? Ito ang ginagawa ng mga anticristo. Kapag gusto nila ng pera, hindi nila ito hinihingi sa makatarungang paraan; sa halip, likas na madaya ang paraan nila, sinasamantala ang pagkakataon para makapangikil. Inililigtas ba ng Diyos ang mga nangingikil ng mga handog sa Diyos? (Hindi, hindi Niya inililigtas.) Kung nagsisisi ang mga taong ito at mayroon silang tunay na pananampalataya, dapat ba silang maligtas? (Hindi.) Bakit? (Ang katunayan na kaya nilang dayain ang sambahayan ng Diyos ay nangangahulugan na walang puwang ang Diyos sa puso nila—sila ay tipikal na mga hindi mananampalataya.) Magsisisi ba ang mga hindi mananampalataya? Ang klase ng mga hindi mananampalataya na mga anticristo ay hindi magsisisi. Nakasentro sa lahat ng ginagawa nila ang sarili nilang mga interes, at hinding-hindi sila magsisisi kahit mamatay sila. Hindi nila inaamin na may nagawa silang mali, o na may nagawa silang masama, kaya ano ang pagsisisihan nila? Ang pagsisisi ay para sa mga taong may pagkatao, na may konsensiya at katwiran, at na kayang makita nang malinaw ang sarili nilang katiwalian at aminin ito. Nang gawin ng pamilyang nagho-host na iyon ang isang maliit na tungkulin, kinailangan nilang makapanghuthot ng kanais-nais na bagay mula rito, at ni hindi nila pinalampas ang ganitong pagkakataon. Lubha silang manloloko. Ito ang ikaapat na kaso.

Ikalimang Kaso: Paghingi ng Sahod para sa Paggawa sa Sambahayan ng Diyos

Sa mainland Tsina, may ilang gawain na medyo mapanganib at delikado, at nangangailangan ng mga tao na medyo matalino at may mga partikular na kalipikasyon para gumawa. Noong panahong iyon, may isang tao na may mga kalipikasyong ito, kaya nagsaayos ng gawain ang ang Itaas para sa kanya. Habang ginagawa niya ang gawaing ito, mayroon siyang hiningi, sinasabi na simula nang gawin niya ang gawaing ito, hindi na niya magawa ang kanyang regular na trabaho araw-araw, at medyo nahihirapan nang makaraos ang pamilya niya. Binigyan siya ng sambahayan ng Diyos ng kaunting pera para sa mga gastusin sa pamumuhay, at tuwang-tuwa siya rito at tinanggap niya ang gawaing ibinigay sa kanya; subalit, hindi gaanong mahusay ang paggampan niya sa gawain. Pagkalipas ng ilang panahon, wala nang problema ang pamilya niya na makaraos sa buhay, pero may ibang nangyari na binanggit niya sa sambahayan ng Diyos, at binigyan siya ng sambahayan ng Diyos ng karagdagang pera para sa mga gastusin sa pamumuhay, para tiyakin na makakaraos siya. May pag-aatubili siyang sumang-ayon na magpatuloy sa paggawa ng kanyang gawain, pero gaano kahusay niya itong ginawa? Naging malaking gulo ito. Kung gusto niyang gawin ang isang bagay, gagawa siya nang kaunti, at kung ayaw niyang gawin ito, wala talaga siyang gagawin. Dahil dito, naantala ang gawain at nagdusa ng ilang kawalan ang gawain ng iglesia, at kinailangan itong ayusin ng ibang tao. Kalaunan, nakipag-ugnayan sa kanya ang sambahayan ng Diyos para sabihin na higit niyang pagsumikapan ang gawain niya, at na patuloy siyang tutulungan ng sambahayan ng Diyos na lutasin ang anumang paghihirap na mayroon siya. Hindi niya ito direktang sinabi sa sambahayan ng Diyos nang harap-harapan, pero pribado niyang sinabi sa ilang kapatid, “Ang mga gastusin ba sa pamumuhay ang kulang ako? Anong malaking problema ang masosolusyunan ng kaunting perang iyon? Sa paggawa ko sa gawaing ito, nilulutas ko ang napakalaking isyu para sa sambahayan ng diyos. Dapat ding lutasin ng sambahayan ng diyos ang malalaking isyu para sa akin. Ngayon, wala pang pera ang anak ko para sa matrikula, at hindi pa ito nasosolusyunan. Ang kaunting perang ito ay hindi ang kulang sa akin.” Ang mga salitang ito ang tunay niyang iniisip, pero hindi niya ito masabi nang harap-harapan sa sambahayan ng Diyos; sa halip, nabunyag ito nang pribado siyang magbulalas ng saloobin. Paano dapat lutasin ang sitwasyong ito? Dapat ba siyang patuloy na gamitin ng sambahayan ng Diyos, o maghanap na lang ng iba? (Maghanap ng iba.) Bakit? Nabunyag na ang karakter at diwa niya. Bukod sa gusto niyang suportahan ng sambahayan ng Diyos ang kabuhayan ng pamilya niya, gusto rin niya na bayaran ng sambahayan ng Diyos ang matrikula ng anak niya, at kalaunan ay sinabi niya na may sakit ang asawa niya at gusto niyang bayaran ng sambahayan ng Diyos ang pagpapagamot nito. Hindi ba’t dumami na nang dumami ang hinihingi niya? Akala niya, malaki na ang naiambag niya sa paggawa ng maliit na bagay na ito para sa sambahayan ng Diyos, at na dapat ibigay ng sambahayan ng Diyos ang lahat ng kailangan niya nang walang kondisyon. Kung nagtrabaho siya sa isang regular na trabaho, makakaya ba

niyang pag-aralin ang anak niya sa isang unibersidad? Makakaya ba niyang bayaran ang pagpapagamot sa asawa niya? Hindi ito sigurado. Kung gayon, nang gawin niya ang kaunting gawaing ito sa sambahayan ng Diyos, bakit palagi siyang humihingi ng pera sa sambahayan ng Diyos? Ano ang iniisip niya? Ano ang pananaw niya sa usaping ito? Inakala niya na kung wala siya, walang ibang gagawa ng gawain sa sambahayan ng Diyos, kaya kailangan niyang samantalahin ang pagkakataong ito na makahanap ng mga dahilan para humingi sa sambahayan ng Diyos ng mas marami pang pera, at na dapat hindi niya ito palampasin nang walang nakukuha, at na kung mapalampas niya ang pagkakataong ito ay mawawala ito. Hindi ba't ito ang ibig niyang sabihin? Inisip niya na ang paggawa sa gawaing ito ay parang paggawa ng trabaho at pagkita ng pera, kaya dapat lang na mangikil siya nang husto sa sambahayan ng Diyos. Pagkatapos, nang mapagtanto niyang hindi siya makapangikil sa sambahayan ng Diyos, hindi na niya ginawa ang gawain niya. Isa ba itong tao na tunay na nananampalataya sa Diyos? (Hindi.)

Ang mga taong tunay na nananampalataya sa Diyos ay hindi natatakot na magpasan ng paghihirap habang ginagawa ang tungkulin nila. Hindi binabanggit ng ilang tao ang mga paghihirap ng pamilya nila habang ginagawa ang tungkulin nila. Gumagawa ng tungkulin ng pagpapatuloy sa bahay ang ilang tao sa mahihirap na lugar, at kapag dumarating ang mga kapatid at walang bigas na makain, lumalabas sila para manghiram ng pera pero wala silang sinasabing kahit ano. Kung magsasabi sila, mabibigyan ba sila ng sambahayan ng Diyos ng pera? (Oo.) Kayang bayaran ng sambahayan ng Diyos ang mga bagay na kailangan nila sa pagpapatuloy sa mga kapatid. Kung gayon, bakit hindi sila nagsasabi? Kung iaalok mo ito sa kanila, tatanggihan nila ito. Pagkatapos lumabas para manghiram ng pera, sila mismo ang unti-unting magbabayad nito. Ayaw nila ng pera mula sa sambahayan ng Diyos. Ang mga anticristo ang mismong kabaligtaran nito. Nagtatakda sila ng mga kondisyon at inaabot nila ang kamay nila at humihingi sila bago pa makagawa ng anumang gawain. Bakit napakadali para sa kanila na iabot ang kamay nila? Paano nila nagagawang iabot ang kamay nila nang “nakatitiyak sa sarili”? Walang kahihiyan ang mga ganoong tao, hindi ba? Pagkatapos humingi ng kaunting pera, gusto pa nila ng dagdag. Kung hindi sila bibigyan ng pera, hindi sila gagawa ng anumang gawain—wala silang gagawin hangga't wala silang nakikitang kapalit: “Katumbas ng ibabayad mo sa akin ang dami ng gawaing gagawin ko. Kung hindi mo ako babayaran, huwag ka nang magpagawa sa akin ng anumang gawain para sa iyo. Trabaho ito para sa akin, at kung hindi ako makikinabang dito, hindi ko ito gagawin. Inilalagay ko sa panganib ang sarili ko para gawin ang tungkulin ko, kaya dapat lang na may kapalit ito para sa akin, at dapat matumbasan nito ang ibinibigay ko. Hindi ako puwedeng madehado!” Kaya, kailangan nilang hingin ang mga bagay na sa tingin nila ay nararapat sa kanila, at kailangan nilang maghanap ng mga dahilan para hingin ito—kailangan nilang pigain ang utak nila, at mag-isip ng iba't ibang paraan para hingin ito. Kung maibibigay ito sa kanila, mas lalong mainam iyon, at kung hindi ito maibibigay sa kanila, iiwan nila ang lahat at aalis sila, at hindi sila magdurusa ng anumang kawalan. Bukod pa rito, sa tingin nila ay may

kasamang panganib ang lahat ng gawaing ito na ginagawa ng sambahayan ng Diyos, at na kung hindi sila bibigyan ng sambahayan ng Diyos ng mga bagay na hinihingi nila, matatakot ito na iulat nila ito, at na walang ibang tao sa sambahayan ng Diyos ang naaangkop, kaya dapat silang gamitin nito, at na kung gagamitin sila nito, dapat itong magbayad sa kanila. Hindi ba't medyo likas itong madaya? Hindi ba't medyo likas itong mapagsamantala? Maituturing ba na mga mananampalataya ang mga ganitong tao? Sila ay mga hindi mananampalataya na hindi parte ng sambahayan ng Diyos—ni hindi sila mga kaibigan ng iglesia. Kapag nakikita ng mga kaibigan ng iglesia na mabubuting tao ang mga mananampalataya, tumutulong sila sa pagprotekta sa mga mananampalataya, at sa paggawa ng ilang bagay. Puwedeng pagpalain nang kaunti ang mga ganitong tao. Sa kabaligtaran, nananampalataya sa Diyos ang mga anticristo para lamang makakuha ng mga kanais-nais na bagay. Kung hindi sila makakakuha ng mga kanais-nais na bagay, hindi nila gagawin ang anumang tungkulin, hindi gagampanan ang anumang obligasyon, at hindi igugugol ang sarili nila kahit kaunti. Kapag isinasaayos ng sambahayan ng Diyos na gampanan nila ang isang tungkulin, tinatanong muna nila kung anong mga kanais-nais na bagay ang iniaalok nito, at kung wala itong iniaalok na anumang kanais-nais, hindi nila ito gagawin. Ano ang pagkakaiba nila sa mga manloloko sa mundong walang pananampalataya? Nagnanais pa rin ang mga taong ito na maligtas, at pagpalain ng Diyos. Hindi ba't humihingi sila ng mga imposibleng bagay? Kung hindi napakababa ng karakter ng mga taong ito at kung may kahihyan sila, paano nila magagawang isipin ang mga gayong baluktot na paraan ng pagkilos sa puso nila? Paano sila magkakaroon ng ganitong saloobin sa paggawa ng tungkulin nila? Kaya ba ninyong gawin ang mga bagay na ito? (Oo, kaya rin namin.) Hanggang sa anong antas? May limitasyon ba? Sa anong punto ninyo maiisip na napakalubha na nito, at na hindi na ninyo kayang patuloy na gawin ang mga bagay na ito? (Minsan ay nararamdaman ng puso ko na pinupuna ako, at inuusig ang konsensiya ko. May mga oras din na natatakot ako na ilalantad ng iba ang mga bagay na nagawa ko, kaya hindi ko na ginagawa ang mga iyon.) Anuman ang ginagawa ng mga tao, napakahalaga ng karakter nila. Ang taong walang kahit kaunting kahihyan ay kayang gumawa ng anumang masamang bagay. Siya ay lubusang isang masamang tao. Walang limitasyon sa anumang ginagawa niya, at hindi siya kumikilos ayon sa konsensiya niya. Anong klase ng mga tao ang walang konsensiya sa pagkatao nila? Sila ay mga hayop at demonyo, at hindi sila ililigtas ng Diyos. Ang mga taong kayang kumuha ng mga handog sa Diyos at mangikil sa mga handog sa Diyos nang may pandaraya habang ginagampanan ng Diyos ang Kanyang gawain, at na humihingi ng kabayaran mula sa sambahayan ng Diyos ay hindi mabubuting tao. Inaakala nila na madaling lansihin ang sambahayan ng Diyos, at na walang may responsabilidad sa pag-aalaga sa mga gamit sa sambahayan ng Diyos, at na walang nagmamay-ari sa mga gamit sa sambahayan ng Diyos, kaya puwede nilang angkinin at madayang kunin ang mga bagay na ito ayon sa gusto nila. Iniisip nila na sa paggawa nito, nakakuha sila ng pakinabang. Talaga bang ganoon kadalang makuha ang pakinabang na

ito? Hindi malaki ang pakinabang na nakuha mo, pero ano ang kahihinatnan ng pagkuha nito? Ang mawalan ka ng buhay.

Kung tunay na may pagkatao at kaunting konsensiya ang isang tao, makakaya ba niyang gawin ang mga bagay na ito? Nananampalataya ka sa Diyos, pero kaya mo Siyang dayain at kaya mong mangikil sa mga handog na para sa Kanya. Anong klaseng tao ka? Tao ka pa ba? Mga demonyo lang ang gumagawa ng mga ganitong bagay. Hindi ginagawa ng mga hayop ang mga ganitong bagay. Tingnan mo ang isang aso. Pinalaki ito ng may-ari, at pinoprotektahan ng aso ang bahay para sa may-ari nito. Kapag may dumating na masamang tao, nagbibigay ito ng babala at inaatake nito ang masamang tao. Hinahabol nito ang sinumang kumukuha sa mga gamit ng may-ari nito. Kapag nakakatakas ang mga manok, pato, at gansa ng amo nito, tumutulong itong hanapin ang mga iyon. Kapag nag-aaway ang mga baboy sa bahay ng amo nito, sinusubukan itong pigilan ng aso. Alam ng aso na gusto ng amo nito na bantayan ng aso ang mga baboy, kaya natutupad ng aso ang responsabilidad na ito. Hindi nakikipagtalo ang aso sa amo nito na nagsasabi, “Binantayan ko ang mga baboy para sa iyo, kaya bakit hindi mo ako binibigyan ng manok o ng anumang makakain?” Hindi nito kailanman sinasabi iyon. Kahit aso ay kayang protektahan ang tahanan ng amo nito, at gampanan ang mga obligasyon para sa amo nito nang walang hinihinging kabayaran, pero hindi man lang mapantayan ng mga taong ito ang mga hayop. Pagkatapos gampanan ang isang maliit na obligasyon, iniisip nila na dehado na sila, at pagkatapos tuparin ang ilang responsabilidad at maglaan ng kaunting pagsisikap, hindi sila nagiging komportable, pakiramdam nila ay hindi patas ang pagsasaayos, at na ginagamit lang sila, kaya nag-iisip sila ng iba’t ibang paraan para makaganti. Kapag nananampalataya ka sa Diyos, pinoprotektahan at inaakay ka ng Diyos, at pinagkakalooban ka Niya ng napakaraming katotohanan. Paanong hindi mo maisip na suklian Siya? Hindi mo naiisip na suklian Siya, pero hindi na iyon binubusisi ng Diyos. Subalit, kapag ginagampanan mo ang isang maliit na obligasyon, lumalapit ka sa Diyos para makaganti ka. Kapag ginagampanan mo ang isang maliit na obligasyon, gusto mong mangikil ng mga bagay-bagay at may makuha sa pamamagitan ng pandaraya—nag-iisip ka ng iba’t ibang paraan para makabawi sa ginawa mo. Hindi ba’t naghahangad ka ng kamatayan? Hindi ba’t marami na ang ibinigay ng Diyos sa iyo? Pagdating sa mga pagpapamalas ng mga tao, ano ba ang nararapat sa kanila? Ang mga tao ba ay nagtatamasa at nagmamay-ari ng mga bagay-bagay ngayon dahil nararapat ang mga ito sa kanila? Hindi. Ang mga iyon ay mga bagay na ipinagkaloob ng Diyos sa iyo at mga bagay na pinagpala Niya na magkaroon ka. Napakarami mo nang napala. Ipinagkaloob ng Diyos sa iyo ang buhay, ang katotohanan, at ang daan nang walang anumang hinihinging kapalit. Paano mo Siya sinuklian? Kapag gumagawa ka ng kaunti mong obligasyon at tungkulin, sa loob-loob mo, pakiramdam mo ay nahihirapan ka at na nagdusa ka ng kawalan, at iniisip mo ang iba’t ibang paraan para makabawi ka. Kung gusto mong bumawi, puwede kang bigyan ng Diyos ng isang bagay bilang kapalit, pero pagkatapos mong makuha iyon, maliligtas

ka pa rin ba? Darating ang araw na malalaman ng mga taong ito kung ano mismo ang pinakaimportante at pinakamahalaga. Hindi kailanman malalaman ng mga taong may diwa ng anticristo ang halaga ng katotohanan. Kapag dumating na ang araw na mabubunyag ang kalalabasan nila, at kapag nabunyag at naisapubliko na ang lahat, saka pa lang nila malalaman. Hindi ba't huli na ang lahat sa oras na iyon? Malapit na ang kalalabasan ng lahat ng bagay, at lilipas ang lahat ng bagay. Tanging ang mga salita ng Diyos at ang katotohanan Niya ang mananatili magpasawalang hanggan. Ang mga nagtataglay ng katotohanan at nagsasagawa ng mga salita ng Diyos ay mananatili kasama ng mga salita Niya, at ng katotohanan Niya. Ito ang halaga at lakas ng mga salita ng Diyos. Gayumpaman, hindi kailanman magiging malinaw sa mga anticristo ang katunayang ito, kaya pinipiga nila ang utak nila, nag-iisip sila ng iba't ibang paraan at gumagamit ng lahat ng posibleng pamamaraan para magpakana ng iba't ibang pakinabang sa pamamagitan ng pagpapanggap na nananampalataya sa Diyos, at gumagamit pa sila ng mga mas walang-husay na madayang pamamaraan para makuha ang mga handog sa Diyos, at lustayin at samsamin ang mga handog sa Kanya. Ang lahat ng kilos at pag-uugali ng mga taong ito ay detalyadong nakatala sa kuwaderno ng Diyos. Kapag dumating ang araw na ibubunyag na ang mga kalalabasan nila, itatakda ng Diyos ang kalalabasan ng bawat tao batay sa mga talang ito. Totoo ang lahat ng ito. Naniniwala ka man o hindi, mabubunyag ang lahat ng bagay na ito. Ito ang ikalimang kaso. Anong klase ng tao ang lalaking ito? Marangal ba ang kanyang karakter o mababang-uri? (Mababang-uri.) Sa mga mata ng Diyos, hindi siya isang marangal na tao; siya ay mababa. Sa madaling salita, siya ay tinutukoy bilang isang "mababang nilalang."

Ikaanim na Kaso: Pagpapakapagod Para Magtamo ng Katungkulan Alang-alang sa Pagkain at Pananamit

Pagkatapos manampalataya sa Diyos, maraming tao ang palaging naghahangad ng katayuan at na tingalain sila ng ibang tao. Sa sambahayan ng Diyos, palagi nilang gustong mamukod-tangi sa karamihan at maging pinuno ng grupo. Alang-alang sa mga bagay na ito, tinatalikuran nila ang mga pamilya at propesyon nila, nagtitiis sila ng paghihirap at nagbabayad ng halaga, hanggang sa wakas ay nakakamit nila ang kanilang mithiin at nagiging lider sila. Pagkatapos maging lider, tunay na nagiging iba ang pamumuhay ng mga taong ito. Ipinapamalas nila ang bawat aspekto ng imahe at istilong dati nang nasa kanilang isipan tungkol sa kung paano kumikilos ang mga taong may katungkulan, mula sa pananamit, pag-aayos, hanggang sa paraan ng pagsasalita at pagkilos. Natututo silang magsalita na parang isang opisyal, natututo silang utus-utusan ang mga tao, at natututo silang ipaasikaso sa mga tao ang mga pribadong usapin nila. Sa madaling salita, natututo silang maging isang opisyal. Kapag pumupunta sila sa isang lugar para maging lider, ibig sabihin ay pumupunta sila roon para maging isang opisyal. Ano ang ibig sabihin ng pagiging opisyal? Na sila ay "nagpapakapagod para magtamo ng katungkulan alang-alang sa pagkain at pananamit." Isa itong usapin na

nauukol sa mga pisikal na kasiyahan. Pagkatapos maging lider, ano ang nag-iba sa buhay nila kumpara sa dati? Iba na ang kinakain, sinusuot, at mga ginagamit nila. Kapag kumakain sila, partikular sila sa pagiging masustansiya at masarap nito. Partikular sila sa tatak at istilo ng mga damit na isinusuot nila. Kapag nakaisang taon na sila bilang isang lider sa isang partikular na lugar, nagiging maputla at mataba sila; mula ulo hanggang paa, nakasuot sila ng mga damit na may tatak; at pawang mamahalin ang tatak ng selpon, kompiyuter, at mga kasangkapan nila sa bahay. Ganito ba ang mga kondisyon nila bago sila naging lider? (Hindi.) Pagkatapos maging lider, hindi sila nagsikap kumita ng pera, kaya saan nila kinuha ang perang pambili ng lahat ng bagay na ito? Idinoneyt ba sa kanila ng mga kapatid ang mga bagay na ito, o inilaan ba sa kanila ng sambahayan ng Diyos ang mga bagay na ito? Ni minsan ba ay nabalitaan ninyo na naglaan ang sambahayan ng Diyos ng mga bagay na ito sa bawat lider at manggagawa? (Hindi.) Kung gayon, paano nila nakuha ang mga ito? Ano't anuman, ang mga ito ay hindi mga bagay na nakuha nila sa pamamagitan ng sarili nilang pagsisikap; sa halip, ang mga ito ay mga bagay na nakuha nila matapos silang magkamit ng katayuan at maging isang “opisyal”—kung saan natatamasa nila ang mga pakinabang ng katayuan—sa pamamagitan ng pangingikil sa iba, pandaraya, at pagsamsam. Sa mga iglesia sa lahat ng dako, may mga tao bang ganito sa iba’t ibang antas ng mga lider at manggagawa na nakasalamuha ninyo? Noong una silang maging lider, wala silang pag-aari, pero sa loob ng wala pang tatlong buwan, mayroon na silang mga mamahaling kompiyuter at selpon. Pagkatapos maging lider, iniisip ng ibang tao na dapat silang magtamasa ng mataas na pamantayan ng pagtrato—kapag lumalabas sila, dapat may sasakyan sila; dapat mas maganda kaysa sa ginagamit ng mga karaniwang tao ang mga kompiyuter at selpon na ginagamit nila, dapat mula sa mamahaling tatak, at kailangan nilang magpalit ng bago kapag luma na ang modelo nito. May ganito bang mga panuntunan ang sambahayan ng Diyos? Hindi kailanman nagkaroon ng mga ganitong panuntunan ang sambahayan ng Diyos, at wala ni isang kapatid ang nag-iisip ng ganito. Kaya, saan galing ang mga bagay na ito na tinatamasa ng mga lider na ito? Sa isang banda, nakuha nila ang mga bagay na ito sa pamamagitan ng pangingikil sa mga kapatid at pagpapabili sa mayayamang tao ng mga bagay na ito para sa kanila sa pamamagitan ng pagpapanggap ng paggawa ng gawain ng sambahayan ng Diyos. Bukod pa rito, sila mismo ang bumili ng mga bagay na ito sa pamamagitan ng pagdidispalko at pagnanakaw ng mga handog. Hindi ba’t mga tampalasan silang kumukuha ng pagkain at inumin nang may pandaraya? May kaibahan ba ito sa mga tao sa ilang naunang kaso na ibinahagi Ko? (Wala.) Ano ang pagkakapareho ng mga ito? Pawang ginamit nila ang posisyon nila para lustayin ang mga handog at kumuha ng mga handog sa pamamagitan ng pangingikil. Sinasabi ng ilang tao, “Sa paggawa sa sambahayan ng Diyos at sa pagiging isang lider o manggagawa, hindi ba’t kalipikado silang magtamasa ng mga bagay na ito? Hindi ba’t kalipikado silang makibahagi sa mga handog sa Diyos kasama Siya?” Sabihin mo sa Akin, kalipikado ba sila? (Hindi.) Kung kailangan nilang bumili ng

ilang gamit para magawa ang gawain ng sambahayan ng Diyos, sa ganitong kaso, may mga panuntunan ang sambahayan ng Diyos na nagsasabing puwede nilang bilhin ang mga bagay na iyon, pero bumibili ba ang mga taong ito ng mga gamit nang alinsunod sa mga nakatakda sa mga panuntunan? (Hindi.) Ano ang nakikita ninyo na nagpapahiwatig na hindi nila ginagawa iyon? (Kung talagang kailangan nila ito para sa gawain, iisipin nila na ayos na ang isang kagamitan hangga't puwede pa itong gamitin, pero hinahangad ng mga anticristo ang mga mamahaling gamit na may tatak, at ginagamit nila ang mga pinakamaganda sa lahat ng bagay. Batay rito, makikita natin na ginagamit nila ang katayuan nila para tamasahin ang mga materyal na bagay na ito.) Tama. Kung kailangan ito para sa gawain, ayos na ang isang kagamitan hangga't puwede pa itong gamitin. Bakit kailangan pa nilang gumamit ng mga sobrang magarbo at mamahaling bagay? Isa pa, nang bilhin nila ang mga bagay na ito, nakilahok ba ang iba sa pagdedesisyon at sumang-ayon ba ang mga ito? Hindi ba't problema ito? Kung nakilahok ang iba sa desisyon, puwede kayang sumang-ayon silang lahat na bumili ng mga mamahaling bagay na ito? Tiyak na hindi. Napakalinaw na nakuha ng mga anticristo ang mga bagay na ito sa pamamagitan ng pagnanakaw sa mga handog. Napakalinaw nito. Isa pa, mayroong panuntunan ang sambahayan ng Diyos—sa bawat iglesia, ang pangangalaga sa mga handog o ang pakikipagtulungan para gumampan ng gawain ay hindi trabaho ng iisang tao lang kahit kailan. Kaya, bakit nagagawa ng mga taong ito, bilang mga indibidwal, na gamitin at gastusin ang mga handog ayon sa gusto nila? Hindi ito naaayon sa mga prinsipyo. Hindi ba't pagnanakaw ng mga handog ang kalikasan ng mga ginagawa nilang ito? Binili nila ang mga bagay na ito at nakuha nila ang mga ito nang walang pag-apruba o pagsang-ayon ng iba pang mga lider at manggagawa, lalong hindi nila ito ipinaalam sa ibang tao, at walang nakakaalam sa ginagawa nila. Hindi ba't ang kalikasan nito ay medyo katulad ng pagnanakaw? Ito ay tinatawag na pagnanakaw ng mga handog. Ang pagnanakaw ay panloloko. Bakit ito tinatawag na panloloko? Dahil binili nila ang mga magarbong kagamitang ito at nakuha nila ang mga ito sa pamamagitan ng pagpapanggap ng paggawa ng gawain ng sambahayan ng Diyos. Tinatawag na pandaraya ang ganitong uri ng pag-uugali, at tinatawag itong panloloko. Kalabisan ba ang paglalarawan Ko rito sa ganitong paraan? Pinalalaki Ko lang ba ang isang maliit na usapin? (Hindi.) Hindi lang ito, kundi matapos manatili sa isang lugar ang mga diumano'y lider na ito sa loob ng ilang panahon, sinusuri nila nang malinaw kung anong gawain ang ginagawa sa mundo ng mga kapatid doon, anong mga koneksiyon sa lipunan ang mayroon ang mga ito, at anong mga pakinabang ang puwede nilang mahuthot at makuha mula sa mga taong ito, at kung anong mga koneksiyon ang puwede nilang gamitin. Halimbawa, sinuman sa mga kapatid ang nagtatrabaho sa ospital, sa isang kagawaran ng gobyerno, o sa isang bangko, o sinuman ang negosyante, kanino mang pamilya ang nagmamay-ari ng tindahan, kotse, o malaking bahay, at iba pa, malinaw nilang sinusuri ang mga bagay na ito. Kasama ba sa saklaw ng gawain ng mga lider na ito ang mga bagay na ito? Bakit nila sinusuri ang mga bagay na ito? Gusto nilang gamitin

ang mga koneksiyong ito, at gamitin ang mga kapatid na ito na may mga espesyal na posisyon sa mundo para magserbisyo sa kanila, maglingkod sa kanila, at magbigay sa kanila ng kaginhawahan. Akala mo ba ay ginagawa nila ito para gawin ang gawain ng iglesia, at para magbahagi tungkol sa katotohanan upang matugunan ang mga suliranin ng mga hinirang ng Diyos? Iyon ba ang ginagawa nila? May intensyon at layunin sa likod ng lahat ng ginagawa nilang ito. Kapag gumagawa ang mga tunay na lider at manggagawa, nakatuon sila sa paglutas ng mga problema at paggawa nang maayos sa gawain ng iglesia. Hindi nila binibigyang-pansin ang mga bagay na walang kinalaman sa gawain ng iglesia. Nakatuon lang sila sa pagtatanong kung sino sa iglesia ang taos-pusong gumagawa ng tungkulin nila, sino ang epektibo sa tungkulin nila, sino ang kayang tumanggap at magsagawa sa katotohanan, at sino ang tapat sa paggawa ng tungkulin nila. Pagkatapos, inaangat nila ang mga ito, at iniimbestigahan ang mga taong nagsasanhi ng mga pagkagambala at kaguluhan, at hinaharap ang mga ito ayon sa prinsipyo. Tanging ang mga taong nagsasagawa nang ganito ang mga tunay na lider at manggagawa. Ginagawa ba ng mga anticristo ang mga bagay na ito? (Hindi.) Ano ang ginagawa nila? Gumagawa sila ng mga bagay-bagay at ng mga paghahanda para unti-unting makuha ang mga kanais-nais na bagay para sa sarili nila, at alang-alang sa sarili nilang mga interes, pero hindi sila nagsusumikap sa gawain ng iglesia, at hindi nila ito tinatrato nang may pagpapahalaga. Samakatwid, pagkatapos nilang magkaroon ng posisyon sa isang partikular na lugar, halos alam na nila kung sino sa mga kapatid ang makakapagbigay ng kung anong mga serbisyo para sa kanila. Halimbawa, ang sinumang nagtatrabaho sa pabrika ng gamot ay puwedeng magbigay sa kanila ng libreng gamot kapag nagkasakit sila, at magbigay sa kanila ng de-kalidad na imported na gamot; ang sinumang nagtatrabaho sa bangko ay puwedeng gawing madali para sa kanila ang magdeposito o mag-withdraw ng pera; at iba pa. Napakalinaw nilang sinusuri ang mga bagay na ito. Tinitipon nila ang mga taong ito, wala silang pakialam kung mabuti ang pagkatao ng mga taong ito o hindi. Basta't sumusunod sa kanila ang mga taong ito at handang maging mga katuwang at tagasuporta nila, bibigyan ng mga anticristo ang mga ito ng mga kanais-nais na bagay, papanatilihing malapit sa kanila at tutustusan at poprotektahan ang mga ito, habang nagtatrabaho ang mga taong ito para patatagin ang posisyon ng mga anticristong ito sa iglesia, at mapanatili ang mga puwersa ng mga anticristong ito. Kaya, kung gusto mong malaman kung gumagawa ng tunay na gawain ang isang lider ng iglesia, tanungin mo siya tungkol sa totoong sitwasyon ng mga kapatid sa iglesiang iyon, at kung kumusta ang takbo ng gawain ng iglesia, at makikita mo nang malinaw kung talaga bang gumagawa siya ng totoong gawain. Malinaw na sinusuri ng ilang tao ang mga usapin sa pamilya at sitwasyon ng pamumuhay ng mga kapatid sa iglesia. Kung tatanungin mo sila kung sino ang nagtatrabaho sa pabrika ng gamot, kung kaninong pamilya ang nagmamay-ari ng tindahan, kaninong pamilya ang may sasakyan, kaninong pamilya ang may malaking negosyo, o kung sino ang nagtatrabaho sa anumang lokal na kagawaran at puwedeng makatulong sa mga kapatid, masasabi nila

ito sa iyo nang tumpak. Kung tatanungin mo sila kung sino ang naghahangad sa katotohanan, sino ang pabaya sa kanyang tungkulin, sino ang anticristo, sino ang nagtatangkang makakuha ng loob ng mga tao, sino ang epektibo sa pangangaral ng ebanghelyo, o kung ilan ang mga potensyal na tatanggap ng ebanghelyo doon sa lokal na lugar, hindi nila alam ang mga bagay na ito. Anong klaseng mga tao ito? Gusto nilang gamitin ang lahat ng koneksiyong panlipunan sa lugar nila, at pag-isahin ang mga ito para maging isang maliit na grupong panlipunan. Kaya, hindi puwedeng tawaging isang iglesia ang lugar kung nasaan ang mga lider na ito. Pagkatapos nila rito, naging isang grupong panlipunan na ito. Kapag nagtitipon-tipon ang mga taong ito, hindi nila ipinagtatapat ang nasa puso nila at hindi sila nagbabahaginan ng kanilang pagkaunawang batay sa karanasan; sa halip, tinitingnan nila kung sino ang may mas malalakas na koneksiyon, sino ang may mataas na posisyon sa lipunan at napakamatagumpay, sino ang kilalang-kilala sa lipunan, sino ang may impluwensiya sa lipunan, at sino ang makapagbibigay ng mga espesyal na maginhawang serbisyo at mga kanais-nais na bagay sa lider. Kung sino man ang mga taong ito, mayroon silang posisyon sa puso ng lider. Hindi ba't ito ang ginagawa ng mga anticristo? (Oo.) Ano ang ginagawa ng mga anticristo? Binubuo ba nila ang iglesia? Sinisira nila ang iglesia at winawasak nila ang iglesia, at ginugulo at ginagambala ang gawain ng sambahayan ng Diyos. Lumilikha sila ng nagsasarili nilang kaharian, ng sarili nilang pribadong grupo, at paksiyon. Ito ang ginagawa ng mga anticristo.

Nakipag-ugnayan Ako sa inyo sa loob ng napakaraming taon, pero tinatanong Ko ba kung ano ang trabaho ng mga pamilya ninyo, kung gaano kayaman ang pamilya ninyo at kung ano ang pinagmulan ninyo? (Hindi.) Bakit hindi Ko tinatanong ang mga bagay na ito? Walang kabuluhan ang pagtatanong ng mga iyon. Hindi ang lipunan ang sambahayan ng Diyos. Hindi mo kailangang sumipsip o magpalakas sa iba. Walang anumang kaugnayan sa pananampalataya sa Diyos ang pagtatanong tungkol sa mga bagay na ito. Huwag gawing lipunan ang sambahayan ng Diyos. Ano man ang pinagmulan ng pamilya mo, mahirap man ito o mayaman, kung anong kapaligiran ang tinitirhan mo, sa lungsod o probinsiya man ito, hindi ito mahalaga. Kung hindi mo hinahangad ang katotohanan, kahit gaano pa kataas ang posisyon mo sa lipunan noon, hindi na iyon mahalaga. Hindi Ko titingnan iyon. Kapag nakikipag-usap Ako sa mga tao, hindi Ko kailanman tinatanong ang sitwasyon ng pamilya nila. Kung gusto nilang pag-usapan ito, makikinig Ako, pero hindi Ko kailanman itinuring ang mga bagay na ito na mahalagang impormasyon na kailangan Kong itanong, lalong hindi Ko sinubukang unti-unting kumuha ng ilang impormasyon para gamitin ang mga tao. Gayumpaman, kapag nagtatanong ang mga anticristo tungkol sa mga bagay na ito, tiyak na hindi lang ito para makipagkuwentuhan; sa halip, ginagawa nila ito para unti-unting makakuha ng ilang kanais-nais na bagay. Halimbawa, kung sino man ang may pamilyang nagmamay-ari ng tindahan ng mga produktong pangkalusugan at puwedeng magpahintulot sa kanila na bumili ng mga produktong pangkalusugan sa presyong bultuhan, nakikipaglapit sila sa

pamilyang ito; o kung sino man ang may kaibigang magagamit nila para makatulong sa kanila na bumili ng magagandang bagay, maaalala nila ito. Gumagawa sila ng listahan ng mga “koneksiyon” na ito at ng mga taong ito na sa tingin nila ay may mga espesyal na talento, at ginagamit nila ang mga taong ito sa mga mahahalagang pagkakataon. Iniisip nila na pawang may talento ang mga taong ito at malaki ang pakinabang ng mga ito sa kanila. Tama ba ang pananaw na ito? (Hindi.) Ang mga taong hindi naghahangad sa katotohanan, at na nabibilang sa mundo at kay Satanas ay mas nagbibigay-halaga sa mga bagay na ito kaysa sa buhay at sa katotohanan. Kung dating karaniwang manggagawa sa lipunan ang isang partikular na tao, at sa sandaling malaman ito ng isang lider, ayaw niyang bigyang-pansin ang taong ito kahit gaano pa ito kasigasig na naghahangad sa pananalig nito, pero kapag nakikita ng lider na dating isang kadre ang isang tao at maykaya ang pamilya nito, na may mataas na istilo ng pamumuhay at namumuhay sa mataas na antas sa lipunan, at sumisipsip siya sa taong ito, isa ba itong mabuting lider? (Hindi.) Naranasan na ba ninyo ang ganitong uri ng pagtrato? Ano ang iniisip ninyo sa loob-loob ninyo pagkatapos maranasan ang ganitong pagtrato? Naramdaman ba ninyo na walang pagmamahal o pagmamalasakit sa sambahayan ng Diyos? Kinakatawan ba ng mga anticristo ang sambahayan ng Diyos? Hindi nila kinakatawan ang sambahayan ng Diyos. Kinakatawan nila si Satanas. Ang paraan ng pagkilos nila, at ang diwa nila ay pawang kay Satanas at walang anumang kinalaman sa katotohanan. Kinakatawan lang nila ang sarili nila. Pagkatapos mapasakamay ang mga “koneksiyon” na ito at makipag-ugnayan sa mga ito, may ilan ding anticristo na gumagamit sa mga koneksiyong ito para mag-asikaso ng mga pribado nilang usapin, o magsaayos pa nga ng trabaho para sa mga kapamilya nila. Sabihin ninyo sa Akin, nangyayari ba ang mga ganitong bagay? (Oo.) Kayang-kaya ng mga anticristo na gawin ang mga bagay na ito. Kayang gumawa ng kahit ano ng isang tao na walang konsensiya, walang kahihiyan, at sobrang makasarili at mababa—kaya niyang gawin ang anumang uri ng bagay na hindi naaayon sa katotohanan, at na ganap na lumalabag sa moralidad at konsensiya ng isang tao. Kaya, sa mga mata ng mga anticristo, ang paggamit ng posisyon nila para pangasiwaan ang mga pribado nilang usapin, unti-unting makakuha ng mga pakinabang at ng ganoong uri ng bagay ang pinaka-normal na bagay sa mundo, at hindi na ito dapat pang pag-usapan at kilatisin o unawain. Katulad lang ito ng kung paanong sinasabi ng mga walang pananampalataya, “Magpakapagod para magtamo ng katungkulan alang-alang sa pagkain at pananamit.” Ito rin ang layong hinahangad ng mga anticristo sa pagiging lider. Katulad ng paghahangad nila, nagsisikap din sila sa direksiyong ito nang walang kahit katiting na paninisi sa sarili, ginagamit ang kapangyarihan na hawak nila at ang posisyon nila para pagbantaan ang mga kapatid para gawin ng mga ito ang mga bagay-bagay, na parang makatwiran lang naman ito, at nagbabanggit ng iba’t ibang pagsasagawa at hinihingi sa mga kapatid na hindi umaayon sa mga prinsipyo. Ginagamit at inuutus-utusan ng mga lider na ito ang ilang tao na magulo ang isip at walang pagkilatis, nang labag sa kanilang kalooban, at puwedeng

may ilang tao pa nga na gumagamit ng sarili nilang pera para gumawa ng mga bagay-bagay para sa mga lider pero hindi sila makapagsalita, iniisip ng mga taong ito na sa paggawa nito, ginagawa nila ang tungkulin nila at naghahanda sila ng mabubuting gawa. Sasabihin Ko sa iyo: Sa totoo lang, mali ka. Sa paggawa nito, hindi ka naghahanda ng mabubuting gawa; sa halip, tinutulungan mo ang isang masamang tao sa paggawa ng masasamang bagay, at pinapalakas mo ang kapangyarihan ng isang masamang tao. Bakit Ko sinasabi ito? Kapag ginagawa mo ang mga bagay na ito, hindi ito naaayon sa mga prinsipyo. Hindi mo ginagawa ang tungkulin mo. Tinutulungan mo ang isang anticristo na magpakana para sa mga pansarili niyang pakinabang, at inaasikaso mo ang mga pribado niyang usapin. Hindi ito ang tungkulin mo; hindi ito ang responsabilidad mo. Hindi ito ang atas na ibinigay sa iyo ng Diyos, hindi rin ito ang gawain ng sambahayan ng Diyos. Sa paggawa nito, pinaglilingkuran mo si Satanas at gumagawa ka para kay Satanas. Tatandaan ka ba ng Diyos dahil sa paggawa mo para kay Satanas? (Hindi.) Kung gayon, ano ang tatandaan ng Diyos? May isang parirala sa Bibliya. Sinabi ng Panginoong Jesus: “Katotohanan ang sinasabi Ko sa inyo, bagama’t ginawa ninyo ito sa isa sa mga pinakamababa sa Aking mga kapatid, sa Akin ninyo ito ginawa” (Mateo 25:40). Ito ang itinakda ng Diyos. Ano ang ibig sabihin ng mga salitang ito? Kung kaya mong gumawa ng isang bagay para sa mga pinakamababang kapatid, tiyak na ginawa ang bagay na iyon ayon sa mga prinsipyo at hinihingi ng Diyos. Hindi ka tumitingin sa kung gaano kataas ang katayuan ng isang tao, kundi ginagawa mo ang mga bagay ayon sa prinsipyo. Ang ilang tao ay gumagawa lamang ng mga bagay, nagsisikap at nagtatrabaho para sa mga may katayuan, at masigasig nilang sinusupportahan ang mga ito, pero kung may ipinapagawa sa kanila ang isang taong walang katayuan, kahit pa isa itong tungkulin o responsabilidad na dapat nilang gawin, binabalewala lang nila ito. Kung gayon, paano inilalarawan ang mga bagay na ginagawa nila? Sa pananaw ng Diyos, ang mga bagay na ito ay inilalarawan bilang paggawa para kay Satanas, at hinding-hindi Niya tatandaan ang mga bagay na ito. Ito ang ikaanim na kaso. Mayroon na ba sa inyo ang nakakita ng ganitong mga kaso? (Oo, may nakita ako, O Diyos. Dati, noong may isang anticristo na lider sa amin, ginamit niya ang posisyon niya para itabi para sa sarili niya ang masasarap na pagkain, mga kapaki-pakinabang na kagamitan, kolorete, at iba pang mga gamit na idinonate ng mga kapatid. Expired na ang ibang gamit pero hindi pa rin niya ibinigay sa mga kapatid ang mga ito; nilustay niya ang lahat ng ito. Bumili rin siya ng down jacket, pero nang makita niya na bumili rin ang isang sister ng down jacket na hindi mahal at maganda ang kalidad, nag-isip siya ng iba’t ibang sasabihin para lokohin ang sister tungkol sa down jacket nito, at pinagastos niya ng mas malaking pera ang sister para bilhin ang sarili niyang down jacket.) Masasabi na masamang tao ang bawat anticristo, at na wala silang pagkatao, walang konsensiya, at talagang mababa ang karakter nila. Kailangang mabunyag at matiwalag sa huli ang mga taong ito.

Noon, may isang pamilya na may tatlong miyembro na pumunta sa ibang bansa para gawin ang tungkulin nila. Pagdating doon, araw-araw nilang iginigiit sa mga kapatid na

ipasyal sila para bumili ng mga gamit—ang ilan sa kanila ay gustong bumili ng down jacket, ang ilan ay pantalon, at ang iba naman ay mga sapatos. Nagdadahilan sila, hindi raw sila nakapagdala ng sapat na pera. Kung wala naman pala silang sapat na pera, hindi na sana sila namimili ng mga gamit, pero gusto pa rin nilang bumili, at ayaw nila sa mga karaniwang bagay, magagara ang gusto nila, at ang mga kapatid ang nagbabayad gamit ang sariling pera ng mga ito. Habang ginagawa ng pamilya ang tungkulin nila sa loob ng ilang panahon, hindi na nagugustuhan ng mga tao ang pag-uugali nila—masyadong magara ang kinakain, tinitirhan, at ang mga gamit nila! Nagpabili pa nga sa mga kapatid ng gatas ang ama ng pamilya, at iniinom niya ito na parang tubig kapag nauuhaw siya. Ilang tao ba sa mundong ito ang nagagawang uminom ng gatas na parang tubig ito? Anong klaseng mga tao sila dapat? Kalaunan, nagpabili siya ng mga dalandan at kahel sa mga kapatid, at bumili ang mga ito ng isang malaking bag, na inubos ng pamilyang ito sa loob lamang ng dalawang araw. Pagkatapos nito, sinabi ng ama na gusto nila ng ilang bitamina, kaya nagpabili siya sa mga kapatid ng mga cherry, ginamit pa niya Akong dahilan at sinabi niya, “Kailangan mong bumili ng mga cherry para sa diyos!” Sinabi Ko, “Taglamig ngayon. Hindi pa panahon para kumain ng mga cherry. Hindi Ko kakainin iyon; huwag na ninyo Akong ibili.” Sinabi ng ama, “Kailangan pa rin nating bumili!” Nang makabili ang mga kapatid ng isang kahon ng mga cherry, naubos agad ito ng pamilya niya. Hindi pa Ako nakakita ng sinumang ganito kalakas kumain—parang kanin lang ang prutas at parang tubig lang ang gatas sa kanila. Tapos, kapag oras na ng kainan, nakita nila na may isda at kinain nila ito nang parang gutom na gutom sila. Masusuklam kayo sa paraan nila ng pagkain—para silang mga patay-gutom na multo na hindi pa kailanman nakakain ng masarap na pagkain noon. Inisip nila na dapat nilang samantalahin ang pagkakataong ito na magkaroon ng magagandang bagay, kaya sabik silang nagkukumahog para magpakabusog. Sa huli, napakaraming nakain ng bata na nagkasakit tuloy ito. Pagkatapos nito, may sinabi ang bata na may baluktot na lohika: “Kung hindi ko kinain ang isdang iyon para sa diyos, hindi sana ako nagkasakit!” Ni wala Ako roon nang kainin niya ito, at wala Akong kaalam-alam tungkol dito. Kinain niya iyon nang kusa—paanong sa Akin niya ito isinisisi? Pero talagang sinisi niya Ako. Paano dapat pangasiwaan ang mga ganitong tao? (Dapat silang alisin.) Ano sila? (Mga diyablo at Satanas.) Mga diyablo sila. Noong panahong iyon, sinabi Ko sa mga lokal na lider ng iglesia, “Paalisin at palayasin sila rito, ipadala sa pinakamalayong posibleng lugar. Ayaw Ko nang makitang muli ang pagmumukha nila!”

Nakabisita na Ako sa ilang iglesia at marami-rami na Akong nakasalamuhang kapatid. Nakita ko na ang iba’t ibang klase ng buktot at masamang tao, pero kakaunti lang ang mga taong nakakaugnayan Ko nang normal. Talagang walang paraan para makasalamuha ang karamihan ng tao, at napakaraming tao na hindi tinatablan ng katwiran. May baluktot at maling lohika ang lahat ng sinasabi nila, at ipinepresenta nila ang mga kabulaanan na para bang totoo ang mga ito—mga hayop, diyablo, at Satanas sila, at wala silang katiting na pagkatao o katwiran. Ang mga ganitong klase ng tao ay

bumubuo ng hindi bababa sa isang-katlo ng mga tao sa bawat iglesia. Walang sinuman sa kanila ang may anumang halaga, at wala sa kanila ang maliligtas; dapat silang itiwag sa lalong madaling panahon. Ang mga taong gusto Kong nakakasalamuha ay iyong mga kayang tumanggap sa katotohanan, na medyo matapat, at kayang magsalita nang galing sa puso nila. Anuman ang ipinapakita nilang mga katiwalian o ang mga paglihis nila, hangga't handa silang magbahagi tungkol sa katotohanan at kaya nilang tumanggap sa katotohanan, kaya Ko silang pakisamahan. Pagdating naman sa mga mapanlinlang na tao na mahilig mansamantala ng iba, hindi Ko sila binibigyang-pansin. Palaging gustong ipangalandakan ng ilang tao ang sarili nila kapag naroroon Ako at gusto nilang tingalain Ko sila. Magkaiba ang mga ikinikilos nila kapag kaharap Ako at kapag nakatalikod Ako upang malansi nila Ako. Mga diyablo ang mga ganitong tao, at dapat silang ipadala sa pinakamalayong posibleng lugar; ayaw Ko na silang makitang muli kahit kailan. Kapag may mga kahinaan at kakulangan ang mga tao, puwede Ko silang suportahan at tustusan, at kapag mayroon silang mga tiwaling disposisyon, puwede Akong magbahagi sa kanila tungkol sa katotohanan, pero hindi Ako nakikipag-ugnayan sa mga diyablo o nakikinig sa sinasabi nila. May ilang tao na mga bagong mananampalataya at may ilang katotohanan na hindi nila nauunawaan, kaya nagagawa nilang magsalita at kumilos nang may kamangmangan. Puwede tayong magbahagi tungkol sa katotohanan, pero kung nauunawaan mo ang ilang katotohanan at sinasadya mong magsanhi ng gulo, kung kumikilos ka nang hindi makatwiran sa Akin at hinahanapan mo Ako ng kamalian, hindi kita pagtitiyagaan. Bakit hindi kita pagtitiyagaan? Hindi ka isang tao na puwedeng maligtas, kaya bakit kita pagtitiyagaan? Ang pagtitiyaga sa isang tao ay nangangahulugan na kaya Ko siyang tiisin at pagpasensiyahan. Mapagpasensiya Ako sa mga mangmang at sa karaniwang tiwaling tao, pero hindi sa mga kaaway o diyablo. Kung ang mga diyablo at kaaway ay magkukunwaring magsabi sa iyo ng mga bagay na magandang pakinggan at susuhulan ka, lalansihin ka, o bibigyan ka ng pansamantalang kaligayahan, magagawa mo bang paniwalaan ang sinasabi nila? (Hindi.) Bakit? Dahil hindi nila kayang tanggapin ang katotohanan, nakita mo na ito nang malinaw, at nabunyag na ang mga taong ito. Hindi sila matapat sa mga bagay na sinasabi nila, at kapag nakikipagbahaginan sila tungkol sa katotohanan, puro paimbabaw lang ito, at mahirap kilatisin kung totoo o hindi ang sinasabi nila. Kung nakikita mo ang mga bagay na ito nang tumpak, makakasiguro ka na mga diyablo at Satanas sila. Sa pamamagitan lamang ng pagpapaalis o pagpapatalsik sa kanila tuluyang malulutas ang problema. Sinasabi ng ilan, "Bakit hindi maging medyo maluwag sa kanila?" Walang pag-asa na magsisi ang mga taong ito; imposible para sa kanila na magsisi. Kagaya lang sila ni Satanas—gaano man kamakapangyarihan at katalino ang Diyos, sa perspektiba nito, hindi ito dapat ang diwa ng Diyos. Hindi nito itinuturing na Diyos ang Diyos, at iniisip nito na ang mga tusong pakana nito ay karunungan, na ang kalikasang diwa nito ang katotohanan, at na ang Diyos ay hindi ang katotohanan. Ito ay isang tunay na Satanas, at nakatakda itong maging mapanlaban sa Diyos hanggang sa huli. Kaya, ang masasamang tao ay

nakatadhana na hindi magawang mahalín ang katotohanan at hangarin ang katotohanan, at dahil dito, hindi sila inililigtas ng Diyos. Ang pagpapaaalis sa kanila mula sa iglesia at ang pagpapataksik sa kanila mula sa sambahayan ng Diyos ang pinakatamang desisyon at hindi ito mali kahit kaunti.

Hindi kailanman babaguhin ng mga anticristo na pinagbahaginan at hinimay Ko ngayon ang direksiyon at mga layon na hinahangad nila. Inuuna nila ang pansariling interes sa lahat ng hinahangad nila, ginagamit ang lahat ng lakas nila at pinipiga ang utak nila para makakuha ng pagkain at inumin sa sambahayan ng Diyos nang may pandaraya. Hindi nila kailanman taos-pusong ginugol ang sarili nila para sa Diyos; gusto lang nilang mandaya para makakuha ng pagkain at inumin, mga interes, at magandang pagtrato. Inaakala nila na hindi ito nakikita, hindi nalalaman, at hindi kayang siyasatin ng Diyos, kaya nakatuon sila sa paghahangad sa mga bagay na ito. Siyempre, ganito talaga ang kalikasang diwa nila—hindi nila mahal ang katotohanan, at hindi nila kayang tahakin ang landas ng paghahangad sa katotohanan, kaya nakatakda silang mailarawan bilang mga anticristo. Ito ang uri ng mga taong itiniwalag ng Diyos, at ang uri ng mga tao na dapat patalsikin ng sambahayan ng Diyos kapag natuklasan sila. Mula sa pagkatuklas na nasa landas ng isang anticristo ang isang tao, hanggang sa paggawa nila ng mga sunod-sunod na bagay na hindi naaayon sa katotohanan, hanggang sa araw na mailarawan sila bilang isang anticristo, pawang ipinapakita nito sa lahat na hindi nagbabago ang mga anticristo. Ang panghuli nilang kalalabasan ay ang mapataksik ng sambahayan ng Diyos at maitiwalag ng Diyos—hindi nila kayang magbago. Kaya, ano ang mabuting naidudulot sa inyo na malaman ang mga bagay na ito? Sinasabi ng ilang tao, “Hindi kami nandaraya para makakuha ng pagkain at inumin. Hinahangad namin ang katotohanan at nais naming gawin ang aming tungkulin bilang mga nilikha. Sumusunod kami sa Diyos at nagpapasakop sa mga pamamatnugot at mga pagsasaayos Niya. Hindi kami kumikilos katulad ng mga anticristo, at hindi rin namin balak na tahakin ang landas ng mga anticristo. Ano ang silbi na malaman namin ang mga kasong ito?” Para sa mga ordinaryong kapatid, nagsisilbing babala sa bawat tao ang mga pagpapamalas at pagbubunyag na ito ng mga anticristo, at ipinapabatid sa kanila kung aling landas ang tama at kung aling mga pag-uugali at paraan ng paggawa sa mga bagay ang naaayon sa mga layunin ng Diyos. Para sa mga lider at mga manggagawa ng iglesia sa lahat ng antas, patunay ito ng pagkilatis sa mga anticristo na hango sa tunay na buhay. Ano ang mabuting naidudulot ng pagkilatis sa mga anticristo para sa gawain ng iglesia? Tinutulungan kayo nitong tukuyin nang tumpak ang mga anticristo at patalsikin ang mga ito sa iglesia sa tamang oras, ginagawang mas dalisay ang iglesia at malaya mula sa mga kaguluhan, pagkagambala, at pinsala ng mga anticristong ito, upang ang mga tunay na naghahangad sa katotohanan at kayang taos-pusong gumugol ng sarili nila para sa Diyos ay magkaroon ng isang malinis at tahimik na kapaligiran, malaya mula sa panggugulo ng mga diyablo at Satanas. Kaya, pagdating sa katotohanan ng pagkilatis sa mga anticristo, kinikilatis man ninyo sila mula sa perspektiba ng mga katunayan at pagpapamalas, o batay sa mga katotohanang prinsipyo,

kailangan ninyong lubos na maunawaan ang parehong mga aspektong ito. Kapakinabang ito para sa buhay pagpasok ninyo at para sa gawain ng iglesia—isa itong bagay na dapat ninyong maintindihan.

Ngayong araw, tinalakay Ko ang ilang kaso. Ang mga usaping ito ay pawang ilang pag-uugali, paraan ng paggawa ng mga bagay at mga pagpapamalas ng kalupitan, kawalang-kahihiyan, at ganap na kawalan ng moral na pamantayan ng mga anticristo. Ang mga kasong ito ay tiyak na ang mga nangyari na sa paligid ninyo, at masasabi na umiiral sa loob ninyo sa ilang antas ang mga paraan ng paggawa ng mga anticristo at ang mga pagpapamalas nila. Sa madaling salita, lahat kayo ay may ilang disposisyon ng mga anticristo at ilang pagsasagawa ng mga anticristo. Kaya, habang kinikilatis ninyo ang mga anticristo, dapat din ninyong tingnan, suriin, at pagnilayan ang sarili ninyong pag-uugali. Puwedeng sabihin ng ilang tao, “Palagi Mong tinatalakay ang mga gayong kaso, gayong tsismis, at masyado Kang detalyadong magtalakay. Paano ito nakakabuti sa pagpasok namin sa katotohanan? Ngayon, talagang abala kami sa mga tungkulin namin, at ayaw naming itala o pakinggan ang mga bagay na ito. Sa pagpasok sa katotohanan, sapat na ang kumapit sa dalawang bagay—ang isa ay pagpapasakop sa Diyos at ang isa pa ay ang maayos na paggawa ng tungkulin. Napakasimple lang nito!” Puwedeng simple nga ito sa teorya, pero sa tumpak at partikular na salita, hindi ito napakasimple. Kung nakakaunawa ka ng kaunting katotohanan, magiging magaspang at mababaw ang pagpasok mo, at kung pangkalahatan lang ang mga nauunawaan mong katotohanan, magiging kaunti lang din ang mga detalyeng mararanasan mo, at hindi ka kailanman madadalisa sa presensiya ng Diyos. Hinihiling ng Diyos sa mga tao na hangarin ang katotohanan at pumasok sa mga katotohanang realidad, kaya dapat maunawaan ng mga tao ang mga detalyeng ito. Ano ang nakikita ninyo mula rito? Nagpasya na ang Diyos na iligtas kayo, kaya dapat Siyang maging taimtim sa inyo at hinding-hindi dapat maging pabaya, magulo ang isip, o kontento sa puwede na o ayos lang. Para sa Diyos, hindi umiiral ang “pagiging puwede na,” “halos sakto na,” “marahil,” at “siguro.” Kung nais mong maligtas at tahakin ang landas ng kaligtasan, dapat mong maunawaan ang lahat ng detalyeng ito ng katotohanan. Kung hindi mo kaya ang gampanin ngayon, ayos lang—hindi pa huli para magsimulang pumasok ngayon sa mga detalye ng katotohanan. Kung kontento ka lang sa pagkakaroon ng saloobin ng paggawa nang maayos sa tungkulin mo nang hindi nagkakamali, at pagkakaroon ng kakayahang magpasakop kapag may nangyayari sa iyo, kung gayon, hindi ka kailanman makapasok sa mga katotohanang realidad. Maraming partikular na detalye ang bawat katotohanang itinatustos ng Diyos sa mga tao, at kung hindi nauunawaan ng mga tao ang mga detalyeng ito, hindi nila kailanman mauunawaan ang katotohanan o ang mga layunin ng Diyos. Magandang bagay ba na seryoso ang Diyos sa mga tao? (Oo.) Tungkol man ito sa paggawa ng mga tungkulin nila, sa pagpapasakop nila, sa mga ugnayan nila sa iba, o sa kung paano nila hinaharap ang usapin ng kinabukasan at kapalaran nila, o kahit tungkol pa sa mga bagay na tinatalakay Ko ngayon, tulad ng kung

paano makilatis ang mga anticristo, paano hindi tumahak sa landas ng isang anticristo, at paano iwaksi ang disposisyon ng isang anticristo, dapat isa-isa nilang maarok ang mga ito. Kapag tunay na ninyong nakikilatis ang mga detalyeng ito at hindi lang puro pangangaral ng kaunting simple at hungkag na doktrina ang alam ninyo, kung magkagayon, nakapasok na kayo sa mga katotohanang realidad. Tanging ang mga taong pumapasok sa mga katotohanang realidad ang may pagkakataon at pag-asa na maligtas; ang simpleng pangangaral ng mga salita at doktrina ay matatawag lamang na pagtatrabaho. Kung nais ng mga tao na makapasok sa mga katotohanang realidad, kailangan nilang magsimula sa mga detalyeng ito. Kung hindi, hindi sila kailanman magkakamit ng pagbabago sa disposisyon.

Abril 4, 2020

**Ikasiyam na Aytem: Ginagawa Nila ang Kanilang
Tungkulin Para Lang Maging Tanyag Sila at
Maisakatuparan ang Kanilang Sariling mga Interes
at Ambisyon; Hindi Nila Kailanman Isinasaalang-alang
ang mga Interes ng Sambahayan ng Diyos,
at Ipinagkakanulo Pa nga ang mga Interes na Iyon,
Ipinagpapalit ang mga Iyon Para sa Kanilang
Personal na Kaluwalhatian (Ikaanim na Bahagi)**

II. Ang mga Interes ng mga Anticristo

Nitong huli ay nagbahaginan tayo tungkol sa Ikasiyam na Aytem ng iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo: Ginagawa nila ang kanilang tungkulin para lang maging tanyag sila at maisakatuparan ang kanilang sariling mga interes at ambisyon; hindi nila kailanman isinasaalang-alang ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, at ipinagkakanulo pa nga ang mga interes na iyon, ipinagpapalit ang mga iyon para sa kanilang personal na kaluwalhatian. Pagkatapos, hinati natin ang mga interes ng mga anticristo sa ilang aytem. Ang una ay ang sarili nilang seguridad, ang ikalawa ay ang sarili nilang reputasyon at katayuan, at ang ikatlo ay ang mga kapakinabangan. Ano ang kabilang sa mga kapakinabangang ito? (Ang una ay ang paglulustay sa mga pag-aari ng sambahayan ng Diyos, ang ikalawa ay ang paggamit sa mga kapatid para maglingkod at gumawa para sa kanila, at ikatlo ay ang paggamit ng kanilang posisyon para makakuha ng makakain, maiinom, at iba pang mga kanais-nais na bagay sa pamamagitan ng pandaraya sa ilalim ng pagkukunwaring nananampalataya sila sa Diyos.) Kasama sa mga “ibang bagay” na ito ang espesyal na pagtrato, pag-aasikaso sa kanilang mga personal na usapin, at iba pa, tama ba? (Oo.) Nakalilito ba sa inyo ang ganitong paraan ng pakikipagbahaginan, ang paghahati sa mga pangunahing paksa tungo sa maliliit na paksa, at maliliit na paksa tungo sa iba't ibang aspekto na pagbabahaginan? (Hindi naman.) Sa katunayan, habang mas naisasagawa ang pagbabahaginan sa ganitong paraan, tiyak na mas nagiging malinaw ang mga bagay-bagay. Nagbahaginan na tayo tungkol sa tatlong aytem ng mga interes ng mga anticristo, ngunit may isa pa, na siyang pinakamahalaga, ang ikaapat sa mga interes ng mga anticristo—ang kanilang kinabukasan at tadhana. Ang kinabukasan at tadhana ay marahil ang pangunahing pakay na kinikimkim ng mga anticristo sa pananampalataya nila sa Diyos. Ang mga ito rin ang pinakamalalaking adhikain na pinanghahawakan nila sa puso nila, at ang mga pinakamataas na bagay na hinahangad nila sa kaibuturan ng kanilang puso. Malamang na pamilyar kayo sa paksa ng kinabukasan at tadhana. Ito ay nauukol sa kung saan hahantong ang mga tao, kung saan patungo ang mga tao, o kung saan pupunta ang mga tao sa hinaharap o sa susunod na kapanahunan—sa madaling salita, ang kanilang

hantungan sa hinaharap. Hindi ba't ito ang pinakamalaki at pinakamahalagang bagay sa puso ng bawat isa sa mga mananampalataya sa Diyos? (Oo.) Ang kinabukasan at tadhana ay napakahalaga para sa lahat ng nananampalataya sa Diyos. At kaya, hindi na kailangang sabihin pa na para sa mga anticristo, ang pinakabuod ng kanilang mga interes ay tiyak na ang kanilang kinabukasan at tadhana, ibig sabihin, ang kanilang hantungan.

D. Ang Kanilang mga Kinabukasan at Tadhana

Magbahaginan din tayo tungkol sa kinabukasan at tadhana sa loob ng mga interes ng mga anticristo mula sa iba't ibang anggulo at aspekto upang maging medyo malinaw ang mga bagay-bagay. Ang iba't ibang interes ng mga anticristo na pinagbahaginan natin dati ay kinapapalooban ng kapwa materyal at di-materyal na mga interes. Halimbawa, ang sariling seguridad, reputasyon, at katayuan ng isang tao ay pawang mga di-materyal na interes; ang mga ito ay mga di-nahahawakang bagay sa kanilang espirituwal na mundo. Samantala, ang mga materyal na interes ay kinabibilangan ng mga pag-aari, pagkain at inumin, pati na rin ng espesyal na pagtrato, materyal na kasiyahan, at iba pa. Kaya, ano ang nakapaloob sa kinabukasan at tadhana ng pagbabahaginan ngayong araw? Kung titingnan natin ang mga ito mula sa perspektiba ng mga kuru-kuro ng tao, ang mga ito ba ay nahahawakan o di-nahahawakan? (Ang mga ito ay di-nahahawakan.) Samakatwid, tiyak na ang mga ito ay mga bagay na umiiral sa espirituwal na mundo ng mga tao, sa kanilang mga kuru-kuro at imahinasyon, at sa kanilang isipan. Para sa mga tao, ang mga bagay na ito ay isang uri ng pag-asa at panustos, at ang mga ito ang hinahangad ng mga tao sa buong buhay nila. Bagama't ang mga bagay na ito ay di-nakikita at di-nahahawakan ng mga tao, nangingibabaw ang mga ito sa puso ng mga tao, pinangingibabawan ng mga ito ang buong buhay ng mga tao, at kinokontrol ng mga ito ang kanilang mga kaisipan at kilos, ang kanilang mga intensiyon, at ang direksiyon ng kanilang mga paghahangad. Kaya, napakahalaga para sa lahat ang kinabukasan at tadhana! Bagama't mahalaga ang kinabukasan at tadhana, hinahangad ng mga anticristo ang mga ito sa paraang lubos na naiiba sa mga normal at ordinaryong tao. Ano mismo ang pagkakaiba? Aling mga aspekto ang nagpapakita nito, at nagbibigay-kakayahan sa mga tao na makita at makilatis na isa itong pamamaraan ng paghahangad ng isang anticristo, at ang katangian ng isang anticristo? Hindi ba't karapat-dapat itong pag-usapan at pagbahaginan? Siyempre, ang mga pagpapamalas ng maraming tao ay maraming pagkakatulad sa mga pagpapamalas ng mga tunay na anticristo at ng mga may diwa ng mga anticristo. Ngunit kahit na magkakapareho ang kanilang mga pagpapamalas at disposisyon, magkakaiba ang kanilang diwa. Magbahaginan tayo tungkol sa ikaapat na mga interes ng mga anticristo—ang kanilang kinabukasan at tadhana—mula sa iba't ibang aspekto.

Paano natin mahihimay ang kinabukasan at tadhana? Anong uri ng pamamaraan at aling mga halimbawa ang maaari nating gamitin para mahimay na ang kinabukasan at tadhana sa mga interes ng mga anticristo ay hindi naaayon sa katotohanan, at na ang mga ito ay mga paghahayag ng diwa ng mga anticristo? Mula sa anong mga aspekto

maaaring himayin ang mga ito? Nangangailangan ito ng masusing pagsisiyasat. Hatiin natin ito sa ilang malawak na kategorya para mas maunawaan ng mga tao ang diwa ng mga anticristo nang mas tumpak at malinaw. Ang una ay kung paano tinatrato ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos, ang ikalawa ay kung paano tinatrato ng mga anticristo ang kanilang tungkulin, ang ikatlo ay kung paano tinatrato ng mga anticristo ang mapungusan, ang ikaapat ay kung paano tinatrato ng mga anticristo ang titulong “tagapagserbisyo,” at ang ikalima ay kung paano hinaharap ng mga anticristo ang katayuan nila sa iglesia. Bakit may limang kategorya? Subukang alamin ito. Kaya ba ninyong unawain nang kaunti ang bawat isa sa mga ito? Kaya ba ninyong maghanap ng ilang kaukulang pagpapamalas o disposisyon na nabibilang sa mga anticristo? Ano mismo ang dapat himayin batay sa pundasyon ng limang kategoryang ito? Pagdating sa mga kategoryang ito, ano ang mga pangunahing katangian ng mga anticristo at ang mga pangunahing disposisyon na ipinapakita nila, at ano ang mga pagpapamalas ng mga normal na tagahangad ng katotohanan at ng mga ordinaryong, tiwaling tao? Ano ang mga pagkakaiba sa pagitan ng mga anticristo at ng mga ordinaryong tiwaling tao? Saan matatagpuan ang mga pagkakaibang ito? Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng mga landas na pinili nila? Ano ang pagkakaiba sa kanilang mga pagpapamalas? Mayroon ba kayong kaunting pagkaunawa sa mga kategoryang ito? (Sa limang kategoryang ito, pangunahing hindi tinitingnan ng mga anticristo ang mga bagay-bagay batay sa katotohanan sa mga salita ng Diyos. Palagi nilang ginagamit ang panlabas na anyo ng ilang bagay o ang kanilang sariling sitwasyon para hulaan ang mga layunin ng Diyos batay sa kanilang sariling mga kuru-kuro at imahinasyon, para makita kung mayroon silang kinabukasan at tadhana. Halimbawa, pagdating sa kanilang tungkulin, kung nagagawa nilang maging tampok at tugunan ang kanilang mga pagnanais, banidad, at pride, mararamdaman nila na parang sila ay mga kapaki-pakinabang na tao sa sambahayan ng Diyos, at na tila mayroon silang kinabukasan at tadhana. Sa sandaling mapungusan sila, mararamdaman nila na hindi nalulugod ang Diyos sa kanila, na hindi nasisiyahan ang Diyos sa kanila, at panghihinaan sila ng loob at madidismaya tungkol sa pananampalataya sa Diyos, at uusbong ang pagkanegatibo at pagkontra sa loob nila.) Ang buod na ito ay nagbibigay ng kaunting liwanag at bahagyang tumutukoy sa katotohanan sa loob ng usaping ito. Batay sa pangkalahatang kahulugan ng sinabi ninyo, malamang na mayroon na kayong pangunahing pagkaunawa sa limang kategoryang ito. Susunod, isa-isa nating pagbabahaginan ang mga ito.

1. Kung Paano Tinatrato ng mga Anticristo ang mga Salita ng Diyos

Ang unang kategorya ay kung paano tinatrato ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos. Ang mga anticristo ay mga tao rin na nananampalataya at sumusunod sa Diyos; may hawak din silang mga salita ng Diyos, nakikinig sila sa mga sermon, dumadalo sa mga pagtitipon, at mayroon silang normal na espirituwal na buhay. Para sa mga anticristo, ang pagbabasa ng mga salita ng Diyos ay parte rin ng kanilang buhay, at madalas nila itong

ginagawa. Bagama't pareho silang nagbabasa ng mga salita ng Diyos, ang mga anticristo ay naiiba sa mga tagahangad ng katotohanan; ganap na naiiba ang saloobin nila sa mga salita ng Diyos. Kaya, paano tinatrato ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos? Una, sinasaliksik at sinusuri nila ang mga salita ng Diyos, pinag-aaralan ang mga ito mula sa isang kakaibang perspektiba at pananaw. Bakit Ko ito tinatawag na "pinag-aaralan"? Batay sa obhetibong sitwasyon, napipilitan ang mga anticristo na aminin na ito ay mga salita ng Diyos, at sa kanilang puso, nararamdaman din nilang napakatayog ng mga salitang ito na hindi kayang ipahayag ng mga ordinaryong tao ang mga ito at hindi makikita sa ibang lugar ang mga salitang ito. Sa batayang ito, wala silang magawa kundi aminin na ang mga ito ay mga salita ng Diyos, pero tinatanggap ba nila ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan? Hindi. Kaya, bakit binabasa pa rin ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos? Dahil, sa mga salita ng Diyos, may mga bagay na kailangan nila, mga bagay na gusto nilang malaman, at mga bagay na tumutustos sa kanila sa kanilang espirituwal na mundo. Ano ang mga bagay na ito? Siyempre, ang mga ito ay mahigpit na nauugnay sa kinabukasan at tadhana ng mga anticristo. Kapag pinag-aaralan ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos, palagi silang naghahanap ng mga salita na nauugnay sa mga hantungan, kalalabasan, kung saan mapupunta ang mga tao sa hinaharap, at iba pa. Samakatwid, ang pagbabasa ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos ay tinatawag na "pag-aaral," sinasaliksik, sinusuri, at hinuhusgahan nila ang mga salita ng Diyos habang binabasa ang mga ito. Sinasaliksik nila ang mga salita Niya habang nagbabasa: "Sa tono ng diyos, tila hindi niya gusto ang mga ganitong uri ng tao. Bakit pakiramdam ko ay isa ako sa kanila? Dapat kong alamin kung ano ang hantungang ibinibigay ng diyos sa mga taong ito." Kapag nakikita nila na nagsasalita ang Diyos tungkol sa pagtapon sa gayong mga tao sa walang hanggang hukay, iniisip nila, "Hindi maganda ito. Ang maitapon sa walang hanggang hukay ay nangangahulugan na katapusan ko na, hindi ba? Ang mga ganitong uri ng tao ay walang kinabukasan at wala silang magandang hantungan, kaya ano ang dapat kong gawin?" Nakakaramdam sila ng kaunting kirot, pagkabagabag, at pagkabalisa sa puso nila. "Ganito ba talaga tinatrato ng diyos ang mga taong gaya nito? Hindi ako puwedeng sumuko." Dahil dito, patuloy nilang sinasaliksik ang mga salita ng Diyos. Kapag nakita nila na sinasabi ng mga salita ng Diyos na, "Mga anak Ko, gagawin Ko ang kung ano-anong bagay para sa inyo, at may kung ano-anong bagay na mangyayari sa inyo," hindi na sila nababalisa. "Nagbibigay-sigla sa puso ko ang mga salita ng diyos, kamangha-mangha ang mga ito. Isa ako sa 'mga anak' na tinutukoy ng diyos." Pagkatapos, nakikita nila ang "mga panganay na anak" at "mamuno bilang mga hari" na binanggit sa mga salita ng Diyos, at iniisip nila, "Ayo! May mga pakinabang at may magandang kinabukasan sa pananampalataya sa diyos. Tama ang napili kong landas. Tama ang naging desisyon ko. Kailangan kong maging masipag sa aking pananampalataya at kumapit sa tunika ng diyos. Hindi ako puwedeng sumuko, kahit na sa huling sandali!" Habang patuloy silang nagbabasa, nakikita nila na binabanggit ng mga salita ng Diyos na, "ang sumusunod hanggang sa katapusan ay tiyak na maliligtas." Para

sa mga anticristo, ang pagbabasa nito ay katulad ng pagkapit sa pag-asa nila sa buhay. “Magsasagawa ako ayon sa mga salitang ito. Kahit kailan at kahit saan, at kahit ano pa ang mangyari, kahit matuyo ang dagat at maging alikabok ang mga bato, kahit maging berdeng parang ang asul na dagat, hindi magbabago ang mga salitang ito. Kahit mawala na ang langit at lupa, ang mga salitang ito ay hindi mawawala. Hangga’t sinusunod ko ang mga salitang ito, hindi ba’t magkakaroon ako ng magandang kalalabasan, ng magandang hantungan? Hindi ba’t magiging maayos na ang kinabukasan at tadhana ko? Mabuti! Kailangan kong maging isang taong sumusunod hanggang sa wakas!” Sa paulit-ulit na paghahanap, pagsasaliksik at pagsusuri gamit ang kung ano-anong paraan, sa wakas ay nakahanap sila ng pag-asa sa buhay sa mga salita ng Diyos at natuklasan nila ang pinakamalaking “lihim.” Napuno sila ng galak, “Sa wakas, hindi ko na kailangang mag-alala na matitiwalag ako, hindi ko na kailangang mag-alala na mapunta ako sa lawa ng apoy at asupre, hindi ko na kailangang mag-alala na mapunta ako sa impiyerno. Nahanap ko na sa wakas ang hantungan ko at ang isang daanan patungong langit, ang magandang hantungan ng sangkatauhan—kamangha-mangha!” Pero hindi ito nagtatagal, at kapag binabasa nila ang kabanata ng mga salita ng Diyos, ang “Tungkol sa Hantungan,” iniisip nila: “Ano ang sinasabi ng mga salitang ito tungkol sa mga hantungan? Parang hindi masyadong detalyado magsalita ang diyos tungkol sa mga hantungan ng iba’t ibang uri ng tao. Ano ba talaga ang ibig sabihin ng diyos? Ano ang dapat kong gawin? Hindi ako dapat mag-alala, kailangan kong patuloy na magbasa.” Pagkatapos, kapag nakikita nila na sinasabi ng Diyos na “maghanda ng sapat na mabubuting gawa para sa iyong hantungan,” muli nila itong pinag-iisipan. “Kung gusto kong magkaroon ng magandang hantungan, kailangan kong maghanda ng sapat na mabubuting gawa. Ngayong inilatag na ng diyos ang mga kondisyon, nagiging mas madali na ang mga bagay-bagay. Hindi ko na kailangan na gumawa ng mga gawain na walang patutunguhan at magsumikap nang walang saysay—alam ko na ngayon kung saan ko dapat ituon ang aking mga pagsisikap.” Sa pamamagitan ng pagbabahaginan, natututunan ng mga anticristo kung ano ang mabubuting gawa, nakakahanap sila ng “paraan,” at nagkakaroon ng solusyon. “Napakasimple lang pala nito. Ang pagbibigay ng limos at mga handog ay mabubuting gawa. Ang pangangaral ng ebanghelyo at pagkakamit ng mas maraming tao ay mabubuting gawa. Ang pagsuporta sa mga kapatid ay isang mabuting gawa. Ang pagbibigay ng mga bagay na mahalaga sa akin ay isang mabuting gawa. Para sa hantungan ko, itataya ko ang lahat ng ito; ipamimigay ko ang lahat ng bagay na ito!” Subalit pagkatapos ay iniisip nila, “Hindi puwede. Kung ibibigay ko ang lahat ng pera at materyal na ari-arian ko, paano ako mabubuhay sa hinaharap? Dapat ko munang basahin ang mga salita ng diyos para malaman kung kailan matatapos ang gawain niya at kung kailan hindi na kakailanganin ng mga tao ang mga bagay na ito sa kanilang buhay sa lupa. Hindi ako dapat magmadali. Pero kung hindi ko ihahandog ang mga bagay na ito, paano ako makakapaghanda ng mabubuting gawa? Ang magpatuloy ng ilang kapatid at mangaral ng ebanghelyo para magkamit ng mga tao ay mga bagay na madali lang gawin. Kaya

kong kamtin ang mga bagay na ito.” Habang naghahanda ng mabubuting gawa, palagi nilang binibilang sa puso nila kung gaano na karaming mabubuting gawa ang naihanda nila at kung gaano kaposible na magkaroon sila ng magandang hantungan. “Napakarami ko nang naihandang mabuting gawa, pero bakit walang ipinapahayag na pasya ang diyos tungkol sa akin? Hindi pa natatapos ang gawain ng diyos, kaya ano ang dapat kong gawin? Hindi maaari, kailangan kong makita kung ano pa ang sinasabi ng mga salita ng diyos tungkol sa kinabukasan at tadhana at kung ano pang mga partikular na paliwanag ang nilalaman ng mga ito.” Patuloy silang naghahanap sa mga salita ng Diyos nang paulit-ulit. Kapag may nahanap sila na nakakabuti sa kanilang kinabukasan at tadhana, natutuwa sila; kapag may nahanap sila na hindi umaayon sa kanilang kinabukasan at tadhana, nasasaktan sila. Sa ganitong paraan, sa mga taon na binabasa nila ang mga salita ng Diyos, paulit-ulit silang nagiging negatibo at mahina dahil sa mga salita ng Diyos, at paulit-ulit din silang nagiging positibo, masaya, at sobrang nagagalak dahil sa mga salita Niya. Gayumpaman, kahit ano pa ang mga ipinapakita nilang mga kalagayan o emosyon, sadyang hindi nila matakasan ang pagkahumaling nila sa kanilang hantungan, kinabukasan, at tadhana, at patuloy nilang hinahanap sa mga salita ng Diyos ang mga kapasyahan at pahayag tungkol sa kalalabasan ng iba’t ibang uri ng tao. Sa madaling salita, inilaan nila ang lahat ng pagsisikap nila sa mga salita ng Diyos. Pero kahit paano nila basahin ang mga salita ng Diyos, hindi talaga nila alam na naroroon ang katotohanan, ang daan, at ang buhay sa mga salita ng Diyos. Alam lang nila na mahahanap nila sa mga salita ng Diyos ang kanilang hantungan, ang hantungan ng sangkatauhan, at ang isang paraan para maiwasan ang mapunta sa impiyerno at mawalan ng kanilang hantungan. Kaya, pagkatapos ng maraming taon ng pagbabasa ng mga salita ng Diyos sa ganitong paraan, ano ang nakamit nila? Kaya nilang magsalita tungkol sa maraming tamang doktrina at espirituwal na teorya, pero talagang hindi nila maiugnay ang mga salita ng Diyos sa kanilang diwa ng pagkontra sa Diyos, paghihimagsik laban sa Diyos, hindi pagsasagawa sa katotohanan, at hindi pagmamahal sa katotohanan kahit kaunti.

Madalas na nagsasaliksik at naghahanap sa mga salita ng Diyos ang mga anticristo para sa Kanyang mga paghahayag tungkol sa mga misteryo. Naghahanap din sila sa mga salita Niya para sa mga bagong termino, bagong bagay, at mga bagong pahayag, umaabot pa nga sila sa paghahanap ng ilang misteryo na hindi pa alam ng kahit sinong tao, espirituwal man o hindi, gaya ng kung ano ang igos, ano ang kahulugan ng 144,000 batang lalaki, at ano ang isang mananagumpay, pati na rin ang ilang pahayag at termino sa Aklat ng Pahayag na napakaraming taon nang sinasaliksik ng mga tao nang walang pagkaunawa. Talagang pinagsusumikapan nila ang mga bagay na ito at palagi silang naghahanap at nagsasaliksik kung mayroong anumang pahayag tungkol sa mga hantungan ng mga tao sa mga salitang ito, at kung mayroong anumang malinaw na paliwanag tungkol sa mga hantungan ng mga tao. Ngunit gaano man sila maghanap, palaging nagiging walang saysay ang mga pagsisikap nila. Kaya, habang ang mga anticristo ay nagbabasa ng mga salita ng Diyos, sumusunod sa Diyos, at sumasabay

lang sa mga nangyayari sa iglesia, palagi silang nababagabag sa kaibuturan ng puso nila. Madalas nilang tanungin sa kanilang sarili: “Makakatanggap ba ako ng mga pagpapala? Ano nga ba ang kinabukasan at tadhana ko? Magkakaroon ba ako ng lugar sa kaharian ng diyos? Kapag dumating na ang hantungan ko, mapagmamasdan ko ba ang asul na langit o mapupunta ba ako sa napakadilim na mundo kung saan ni sarili kong kamay ay hindi ko makita? Ano nga ba ang hantungan ko?” Habang patuloy nilang tinatanong ang sarili nila nang ganito sa kanilang puso, palihim din nilang tinatanong ang Diyos sa kaibuturan ng kanilang puso: “Kalipikado ba akong pumasok sa kaharian ng langit? Maiwasan ko ba ang mapunta sa impierno? Makakapasok ba ako sa kaharian ng langit sa pamamagitan ng paghahangad nang ganito? Makakatanggap ba ako ng mga pagpapala sa hinaharap? Makakapasok ba ako sa mundong darating? Ano ang saloobin ng diyos? Bakit hindi ako binibigyan ng diyos ng tumpak at tiyak na pahayag tungkol sa usaping ito para mapayapa ang isipan ko? Ano ba talaga ang magiging kalalabasan ko?” Hindi ba’t ito ang iniisip ng mga anticristo sa kaibuturan ng kanilang puso habang pinag-aaralan nila ang mga salita ng Diyos, at habang sumasabay lang sila sa agos at walang ibang magawa kundi magpatuloy? Ito ang kinikimkim nilang saloobin sa kaibuturan ng kanilang puso tungkol sa kanilang kinabukasan at tadhana: Palaging abala ang isipan nila tungkol sa mga bagay na ito, desperado silang kumakapit sa mga ito at tumatangging bumitaw.

Kapag pinag-aaralan ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos, may isang bagay na mas interesante para sa kanila kaysa sa paghahanap ng kanilang mga hantungan at pagsasaliksik ng mga misteryo; iyon ay kung kailan aalis sa lupa ang Diyos na nagkatawang-tao, kung kailan Niya tatapusin ang Kanyang ministeryo, kung kailan matatapos ang Kanyang malaking proyekto, kung kailan matatapos ang Kanyang gawain, kung kailan magtatamasa ng mga dakilang pagpapala ang mga sumusunod sa Kanya, at makikita ang tunay Niyang persona. Nag-aalala rin sila nang husto kung makikita nila ang pag-alis ng Diyos sa lupa. Bukod sa araw kung kailan matagumpay na makokompleto ang plano ng pamamahala ng Diyos, mas inaalala nila kung kailan aalis si Cristo sa lupa, kung ano ang mangyayari kapag umalis si Cristo sa lupa, kung ilang taon na sila ngayon, kung buhay pa rin ba sila sa oras na iyon para makita ang pag-alis ni Cristo sa lupa sa darating na 10 o 20 taon, kung ano ang mangyayari kung makita nila ito, at kung ano ang mangyayari kung hindi nila ito makikita; gayon ang mga kalkulasyon sa isipan nila. May ilan na nagninilay-nilay, “Animnapung taong gulang na ako. Kung buhay pa ako sa darating na 10 taon, tiyak na makikita ko ang pag-alis ni Cristo sa lupa, pero kung patay na ako kapag natapos na ang gawain ng diyos sa darating na 10 taon, ano pa ang silbi ng pananampalataya ko sa diyos? Bagama’t inorden ng diyos na ipanganak ako sa panahong ito, kung bilang tagasunod ng diyos ay mapalampas ko ang pagkakataon na masaksihan ang isang napakadakila at napakalaking kaganapan, kung gayon, hindi ako maituturing na pinagpalang tao, at wala akong matatanggap na anumang dakilang pagpapala!” Ang gayong mga kaisipan ay nagbubunga ng

kalungkutan at kawalang-kasiyahan sa kanila. Gaano katindi ang kanilang kawalang-kasiyahan? “Masyado na akong matanda; bakit hindi pa umalis ang diyos sa lupa? Bakit hindi pa natatapos ang gawain ng diyos? Kailan tayo matatapos sa pangangaral ng ebanghelyo? Hayaang mabilis na matapos ang gawain ng diyos, hayaan ang diyos na tapusin agad ang kanyang malaking proyekto, hayaan na mabilis na bumagsak ang mga kalamidad, hayaan ang diyos na magmadaling wasakin si Satanas at parusahan ang masasamang tao!” Ano ba ang ginagawa nila? Hindi ba’t nanghihingi sila sa Diyos batay sa kanilang sariling kalooban, umaasa na mahihikayat nila Siya na kumilos ayon sa kalooban nila? Hindi ba’t nakapaloob sa kalooban nilang ito ang kanilang mga personal na interes? Dahil sa sarili nilang mga interes, sabik silang umaasa na tapusin na ng Diyos ang Kanyang dakilang proyekto, na mabilis na bumagsak ang mga kalamidad, na magmadali ang Diyos at na parusahan ng Diyos ang masasama at gantimpalaan ang mabubuti, at na matanggap ng Diyos ang Kanyang kaluwalhatian. Anong mga motibo ang kinikimkim nila sa kanilang puso? Isinasaalang-alang ba nila ang mga layunin ng Diyos? (Hindi.) Ano ang ginagawa nila? (Umaasa sila na makatanggap ng mga pagpapala.) Gusto nila na sa kanilang hantungan umikot ang plano ng pamamahala ng Diyos, alang-alang sa kanilang sariling mga interes at hantungan. Hindi ba’t kasuklam-suklam ito at walang kahihiyan? Sa lahat ng usapin, ano ang diwang ipinapakita ng mga anticristo? Inuuna nila ang kanilang mga interes sa lahat ng bagay, at hinahayaang mangibabaw ang kanilang mga interes. Ibig sabihin, hindi nila tinutulutan na may anumang bagay na sumalungat sa kanilang mga interes, kahit pa ang plano ng pamamahala ng Diyos. Kung kailan matatapos ang gawain ng Diyos, kung kailan makokompleto ang Kanyang dakilang proyekto, kung kailan Siya makakatanggap ng kaluwalhatian, at kung kailan Niya wawasakin ang sangkatauhan, ang lahat ng ito ay dapat na umiikot sa mga interes ng mga anticristo at sa hantungan nila, ang lahat ng ito ay dapat na nakaugnay sa hantungan nila. Kung hindi, itatatwa nila ang Diyos, tatalikuran ang kanilang pananampalataya sa Kanya, at isusumpa pa nga nila Siya.

Isa sa mga pangunahing pagpapamalas ng kung paano tinatrato ng mga anticristo ang salita ng Diyos ay ang pag-aaral. Sa ganitong saloobin tinatrato ng isang tunay na hindi mananampalataya ang salita ng Diyos. Ano ang pinag-aaralan nila? Hindi nila pinag-aaralan ang katotohanan, o kung ano ang hinihingi ng Diyos sa sangkatauhan, o ang mga salita Niya na naglalantad sa sangkatauhan, o ang mga salita Niya na humahatol sa sangkatauhan, at tiyak na hindi nila pinag-aaralan ang Kanyang mga layunin, pinag-aaralan nila ang sarili nilang kinabukasan at tadhana. Anumang parte ng salita ng Diyos ang binabasa nila, kung naglalaman ito ng mga salita na nauugnay sa kanilang kinabukasan at tadhana—na pinakanag-aalala sila—ang mga iyon ay maingat nilang pag-aaralan at mamarkahan bilang importante. Halimbawa, kapag nakakakita sila ng mga salita ng Diyos na naglalantad at naghihimay tungkol sa mga taong tulad nila, o ng mga paglalarawan at pahayag tungkol sa mga taong tulad nila, masusi nilang pag-aaralan at babasahin nang paulit-ulit ang mga gayong salita. Ano ang hinahanap nila?

Naghahanap ba sila para makita kung paano nila mauunawaan ang mga layunin ng Diyos at matutuklasan ang mga prinsipyo ng pagsasagawa? Naghahanap ba sila para makita kung paano nila mauunawaan ang kanilang sarili sa pamamagitan ng salita ng Diyos? Hindi. Naghahanap sila para mahinuha nila ang ipinapahiwatig sa mga salitang ito, nang sa gayon ay malinaw nilang makita ang saloobing kinikimkim ng Diyos sa mga taong katulad nila sa likod ng mga salitang ito, kung kinamumuhian at kinasusuklaman ba sila ng Diyos, o kung ililigtas Niya sila. Sinisiyasat nila hindi lang ang nilalaman ng mga salitang ito ng Diyos kundi pati ang tono at saloobin ng mga salita Niya at ang mga kaisipan sa likod ng mga ito. Kapag napagsama-sama na nila ang lahat ng parte ng salita ng Diyos na may kaugnayan sa mga hantungan ng mga taong tulad nila, at natuklasan nila na ang saloobin ng Diyos sa kanila ay pagtataboy at hindi pagliligtas, agad na manlalamig nang 80 hanggang 90 porsiyento ang kanilang saloobin sa pananampalataya sa Diyos. Agad na uusbong sa puso nila ang di-pananampalataya, at ganap na magbabago ang saloobin nila. Gaano kalaki ang pagbabagong ito? Hindi na nila nanaising gawin ang mga tungkuling balak nilang gawin, o talikuran ang bagay na balak nilang talikuran. Bagama't ginusto nilang ipangaral ang ebanghelyo sa kanilang mga pamilya noong una, hindi na nila gagawin iyon—dahil hindi na sila nananampalataya, at siguradong hindi rin nananampalataya ang mga tao sa pamilya nila. Sa kabuuan, sisirain at bibitiwan nila ang lahat ng kanilang orihinal na plano. Hindi ba't isa itong esensiyal na saloobin na kinikimkim ng mga anticristo patungkol sa salita ng Diyos? Ang pakay nila sa pag-aaral ng salita ng Diyos ay hindi ang hangarin ang katotohanan at hanapin ang mga prinsipyo ng pagsasagawa sa katotohanan, para maunawaan nila ang mga layunin ng Diyos, at maging tapat sila sa Kanya; ang pakay nila ay ang makahanap ng tumpak na pahayag kung paano tinutukoy ng Diyos ang mga kalalabasan at hantungan ng mga taong katulad nila. Kapag nakakita sila ng katiting na pag-asa, kakapit sila rito nang napakahigpit; makakaya nilang talikuran ang lahat para sa katiting na pag-asang ito, at magbabago nang husto ang saloobin nila. Pero kapag gumuho ang lahat ng pag-asa nila na makatanggap ng mga pagpapala, muli na namang magbabago nang husto ang saloobin nila, hanggang sa puntong mawala ang kanilang pananampalataya at bumaling sila sa pagkakanulo, at maging sa pagmumura sa Diyos sa puso nila. Ito ang mga pagpapamalas ng mga anticristo.

Siyempre, gagamitin din ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos para maghanap ng pansariling kapakinabangan habang pinag-aaralan nila ang mga ito. Anong uri ng kapakinabangan? Habang pinag-aaralan nila ang mga salita ng Diyos, ibinubuod nila kung ano ang mga panuntunan ng pananalita ng Diyos, kung ano ang tono Niya kapag pinupungusan Niya ang mga tao, kung ano ang Kanyang paraan ng pagsasalita kapag inilalantad Niya ang sangkatauhan, kung paano Niya binibigyang-ginhawa at hinihikayat ang mga tao, anong mga pamamaraan ang ginagamit Niya, at anong karunungan ang mayroon Siya. Dalubhasa ang mga anticristo sa pag-aaral at panggagaya sa paraan ng pagsasalita at paggawa ng Diyos; kasabay nito, gumagamit din sila ng mga salitang

karaniwang sinasabi ng Diyos sa pakikipag-usap at pakikipagbahaginan sa iba. Habang pinag-aaralan nila ang mga salita ng Diyos, patuloy din nilang sinasangkapan ang sarili nila ng mga salita ng iba't ibang katotohanan sa mga ito, ginagawa nilang sariling pag-aari ang mga ito, ginagamit ang mga salitang ito ng Diyos para gumawa at mag-ipon ng kapital. Ano ang tinutukoy ng kapital na ito? Halimbawa, naniniwala sila na^a sa isang pagtitipon, ang sinumang mas mahusay magsalita ng mga tamang salita at doktrina, ang sinumang nakakapagsaulo ng mas maraming salita ng Diyos, nakakapagsipi ng mas maraming salita ng Diyos, at nakakapagpaliwanag ng mas maraming salita ng Diyos ay maaaring ang uri ng tao sa iglesia na may pinakamalaking tsansa na maligtas. Anuman ang ginagawa ng mga anticristo, nauugnay ito sa kinabukasan at tadhana nila. Hindi nila kailanman simpleng isasagawa ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan, hindi rin sila magdurusa o magbabayad ng halaga alang-alang sa pagsasagawa ng mga salita ng Diyos. Sa halip, ginagamit nila ang mga salita ng Diyos para ilihis ang mga tao, para itaas ang sarili nilang reputasyon, at para maghanda ng mga sapat na kondisyon para sa kanilang kaligtasan. Kaya, ang diwa ng kung paano tinatrato ng mga anticristo ang salita ng Diyos ay na kahit kailan, hinding-hindi nila itinuturing ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan o bilang isang daan na dapat sundin ng mga tao. Bagama't ipinangangalandakan at binabasa ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos araw-araw, at bagama't nakikinig sila sa pagbabasa ng Kanyang mga salita, isang bagay ang sigurado: Hindi nila isinasagawa ang mga salita ng Diyos. Sa tuwing oras na para isagawa ang Kanyang mga salita, nawawala ang kanilang sinseridad—nagpapakana lamang sila para sa kanilang sariling kinabukasan at tadhana. Sa panlabas, nagpapanggap silang mahal nila ang mga salita ng Diyos at pinananabikan nila ang mga ito. Ngunit ang totoo, sa pagbabasa at pag-iipon ng mga salita ng Diyos araw-araw, ang layon nila ay ang makamit ang mga kondisyon para sa kanilang kaligtasan; ginagawa nila ito nang umaasa na makapagbibigay sila ng magandang impresyon sa Diyos bilang kapalit. Hindi sila naniniwala na sinisiyasat ng Diyos ang puso ng mga tao—alam lang nila na tumitingin lang ang mga tao sa panlabas na anyo, kaya iniisip nila na tiyak na tumitingin lang din ang Diyos sa panlabas na anyo, at kaya, sa mga bagay na ito, nagbabalatkayo at nanlilinlang sila, gumagamit ng panlalansi. Iniisip nila, “Kailangan ko lang itong gawin sa panlabas. Hindi mahalaga kung ano ang saloobin ko sa puso ko—hindi naman ito nakikita ng mga tao, pati rin ng diyos. Sa katunayan, kahit gaano pa ako magbasa ng mga salita ng diyos, hindi ko ito ginagawa para maging isang tunay na nilikha. Kung walang kinalaman ang kinabukasan at tadhana ko, hindi ko titiisin ang paghihirap na ito, ni ang hinanakit na ito!” Sa isipan nila, gaano man kaganda pakinggan ang mga salita ng Diyos, hindi posibleng maisakatuparan ang mga ito, at hindi posibleng maisabuhay ng mga tao ang mga ito. Kahit pa may iilang tao na nagsasabuhay ng mga salita ng Diyos nang kaunti, siguradong ginagawa rin nila ito para sa sarili nilang mga pakay.

^a Wala sa orihinal na teksto ang pariralang “naniniwala sila na.”

Gaya ng sinasabi ng mga walang pananampalataya, “Walang libreng tanghalian.” Iniisip nila, “Tinitiiis namin ang mga gayong paghihirap para sa pananampalataya namin sa diyos, nagbabasa at nakikinig kami sa mga salita niya araw-araw, namumuhay ayon sa mga salita niya—para saan ang lahat ng ito? Hindi ba’t para lang sa iisang layon na iyon? Alam na alam ng lahat sa kaibuturan ng puso nila na lahat ito ay alang-alang sa kanilang kinabukasan at tadhana; kung hindi, bakit namin isusuko ang magagandang panahon ng paghahangad sa mundo para lang magdusa rito?” Sa usaping ito, anong katunayan ang itinatangi nila? Ang salita ng Diyos ay katotohanan, at kayang iligtas ng katotohanan ang mga tao, baguhin ang mga tao, at tulungan ang mga tao na iwaksi ang kanilang mga tiwaling disposisyon. Hindi ba’t ito ang resulta na kayang idulot ng salita ng Diyos? (Ito nga.) Inaamin ba ng mga anticristo ang katunayang ito? Itinatangi nila ito, sinasabi nila: “Sinasabi ng lahat na kayang iligtas ng salita ng diyos ang mga tao, pero sino na ang naligtas nito? Sino na ang nakakita na nangyari ito? Bakit hindi ako naniniwala rito?” Bakit sinasabi na kayang iligtas ng salita ng Diyos ang mga tao, baguhin ang mga tao, at tulungan ang mga tao na makawala mula sa tiwaling disposisyon ni Satanas? Dahil ang salita ng Diyos ay ang katotohanan, at maaari itong maging buhay ng mga tao. Kapag taglay ng mga tao ang salita ng Diyos bilang buhay nila, maliligtas sila; sila ang nagiging mga taong naligtas. Ang katunayang ito ay hindi kinikilala ng mga anticristo. Naniniwala sila na alang-alang lamang sa pagtanggap ng mga pagpapala at sa isang magandang hantungan kaya nakarating ang mga tao sa kinaroroonan nila ngayon, at na ito ang tanging dahilan kung bakit ginagawa ng mga tao ang kanilang tungkulin sa sambahayan ng Diyos. Itinatangi nila ang mga bunga ng salita ng Diyos, itinatangi ang mga resulta na nakakamit ng katotohanan sa mga tao, at itinatangi na ang katotohanan ay kayang lupigin ang mga tao, baguhin ang mga tao, at iligtas ang mga tao. Naniniwala sila na sumusunod lang ang mga tao sa Diyos dahil lang sa pag-aalala at paghahangad sa sariling kinabukasan at tadhana ng mga ito. Hindi sila naniniwala na ang salita ng Diyos ay kayang baguhin ang mga tao, gawing tapat ang mga tao sa Diyos, o na magpasakop ang mga tao sa Diyos nang walang kondisyon, o na gawin ng mga tao ang mga tungkulin ng mga ito bilang mga nilikha sa sambahayan ng Diyos—hindi sila naniniwala sa alinman sa mga ito. Samakatwid, ang mga anticristo, na inuuna ang kanilang mga interes, ay hindi naghahangad sa katotohanan nang sila mismo; habang itinuturing nila ang mga salita ng Diyos bilang isang uri ng retorika, isang uri ng pahayag, hindi sila naniniwala na kayang iligtas ng mga salitang ito ng Diyos ang mga tao. Naniniwala sila na ang lahat ng sinsero at tapat sa Diyos ay mga huwad at may mga sariling interes na nakataya. Gaano man karaming salita ng Diyos ang marinig nila, gaano man karaming sermon ng Diyos ang marinig nila, sa huli, ang dalawang salitang iyon lang ang mananatili sa puso nila—kinabukasan at tadhana. Ibig sabihin, ang mga salita ng Diyos, ang gawain ng Diyos, at ang plano ng pamamahala ng Diyos ay makakapaghatid ng magandang kinabukasan at tadhana, at pati na ng magandang hantungan para sa mga tao. Para sa mga anticristo, ito ang pinakatotoo, at pinakakataas-taasang katotohanan. Kung hindi dahil

dito, una, hindi sila mananampalataya sa Diyos. Pangalawa, hindi nila titiisin ang mga gayong hinanakit para manatili sa sambahayan ng Diyos. Pangatlo, hindi sila gagawa ng anumang tungkulin sa sambahayan ng Diyos. Pang-apat, hindi sila magtitiis ng anumang paghihirap sa loob ng sambahayan ng Diyos. At panglima, matagal na sana silang bumalik sa makamundong buhay para magpakasasa sa yaman at kaluwalhatian, maghangad sa mundo, maghangad ng kasikatan at pakinabang, pera, at mga buktot na kalakaran. Pansamantala silang nananatili ngayon sa sambahayan ng Diyos dahil lang sa nakataya ang kanilang kinabukasan at tadhana. Determinado ang kanilang saloobin patungkol sa pagtitiyak sa kanilang kinabukasan at tadhana, habang nagkikimkim din sila ng isang mentalidad ng pakikipagsapalaran, umaasa na kapag natapos na ang gawain ng Diyos, mapapabilang sila sa mga makakapasok sa kaharian ng langit at makakatanggap ng mga dakilang pagpapala. Anong klaseng mentalidad ito? Gusto nilang subukang makakuha ng mga pakinabang mula sa Diyos para makamit ang mga layon nila, pero ayaw nilang magpasakop sa Kanya; higit pa rito, ni hindi nila pinaniniwalaan ang lahat ng salitang sinabi ng Diyos, ni pinaniniwalaan na ang Diyos ay may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay. Hindi ba't medyo buktot ito? Pagdating sa kanilang saloobin sa pag-aaral ng salita ng Diyos, sila ay mga hindi mananampalataya. Ang kakayahan ng mga anticristo na gamitin ang gayong saloobin sa pagsasaliksik, pagbabasa, at pagtrato sa mga salita ng Diyos ay nagpapakita na sila ay mga tipikal na hindi mananampalataya, mga tahasang hindi mananampalataya sa lahat ng aspekto. Kaya, paanong nagagampanan pa rin nila ang ilang paimbabaw na gawain sa sambahayan ng Diyos at paanong patuloy pa rin silang nakakasunod nang hindi lumilihis? Paano man sila pinupungusan, bakit nagagawa nilang manatili at makilahok pa nga sa buhay iglesia, at patuloy na makinig at magbasa ng mga salita ng Diyos? Bakit ganito? (Gusto nilang makatanggap ng mga pagpapala.) Dahil gusto nilang makatanggap ng mga pagpapala. Gaya ng sinasabi ng mga walang pananampalataya, "Sinuman ang nagpapakain sa akin ay aking ina, at sinuman ang nagbibigay sa akin ng pera ay aking ama." Anong klaseng lohika ito? Hindi ba't ang lohikang ito ay puno ng pilosopiya ni Satanas para sa mga makamundong pakikitungo? Nananampalataya sila sa Diyos sa ilalim ng impluwensiya ng satanikong pilosopiyang ito: "Wala akong pakialam kung anong extraordinaryong gawain na ang nagawa mo—anuman ang disposisyon o diwa mo, basta't mapagkakalooban mo ako ng mga pagpapala, ng isang magandang hantungan, at magandang hinaharap, at hahayaan mo akong magkaroon ng mga dakilang pagpapala, susunod ako sa iyo at ituturing kitang diyos sa ngayon." Mayroon bang anumang aspekto ng tunay na pananalig dito? (Wala.) Kaya, pagdating sa kung paano nila tinatrato ang mga salita ng Diyos, ang paglalarawan sa mga gayong tao bilang mga anticristo at hindi mananampalataya ay napakatumpak!

Ang saloobin ng mga anticristo patungkol sa mga salita ng Diyos ay isang saloobin ng pag-aaral. Hindi nila kailanman itinuturing ang salita ng Diyos bilang ang salita ng Diyos; ano ang turing nila rito? Isang koleksiyon ng mga misteryo? Isang hindi kapani-paniwalang

kuwento? Mga malabo at di-maarok na teksto? Kapag binabasa nila ang mga salita ng Diyos, hindi nila hinahanap ang mga layunin Niya, hindi rin nila sinusubukang unawain ang Kanyang mga layunin o disposisyon. Hindi rin nila gustong makilala ang Diyos, lalong hindi nila gustong isaalang-alang ang Kanyang mga layunin. Kapag binabasa nila ang mga salita ng Diyos na, “Ang madalian Kong pagnanais ngayon ay ang maghanap ng isang grupo ng mga tao na kayang maging lubusang mapagsaalang-alang sa Aking mga layunin,” naaantig ba sila? Sinasabi nila: “Ano ba itong iba’t ibang usapin tungkol sa paghahanap ng mga tao na nagsasaalang-alang sa mga layunin ng diyos? Ano ang silbi ng pagsasaalang-alang sa iyong mga layunin? Mapapakain ba ako nito o tutulutan akong kumita ng pera? Nauuwi ba sa magandang hantungan ang pagsasaalang-alang sa mga layunin ng diyos? Makapagbibigay ba ito sa akin ng malalaking pagpapala? Kung hindi nito magagawa ang mga bagay na ito, hindi bale na lang; hindi ko kailangan maging mapagsaalang-alang. Naghahanap ako ng landas para maiwasan ko ang maitapon sa impiyerno at para matiyak ko ang isang magandang hantungan. Kung makakapagbigay sa akin ng mga pagpapala ang pagsasaalang-alang sa mga layunin mo, magiging mapagsaalang-alang ako. Sabihin mo lang sa akin kung paano.” Sa tingin ba ninyo ay matutugunan nila ang mga hinihingi ng Diyos? (Hindi.) Isang bagay lang ang ipinapanukala ng Diyos: sundin ang kalooban ng Diyos, magkaroon ng takot sa Diyos at umiwas sa kasamaan. Sa paggawa nito, isinasaalang-alang mo ang mga layunin Niya at makakatanggap ka ng malalaking pagpapala. Kapag naririnig ito ng mga anticristo, iniisip nila, “Hindi ako nag-isip nang husto, hindi ako dapat sineryoso. Wala akong kakayahang isaalang-alang ang mga layunin ng diyos, hindi bale na. Hindi uubra ang ganitong paraan; maghahanap ako ng iba pa.” Pagkatapos, nagsisimula silang magsumikap sa ibang mga aspekto ng mga salita ng Diyos. Itinutuon nila ang kanilang pagsisikap sa pananaliksik at pagsusuri ng ibang mga aspekto, pero pagkatapos ng lahat ng pagsusuri, ang nakukuha lang nila mula rito ay ilang salita at doktrina. Dahil hindi nila mahal ang katotohanan, at dahil itinuturing nila ang sarili nilang mga interes, kinabukasan, at tadhana bilang ang panghabambuhay na pakay ng kanilang paghahangad, naging simpleng mga kasabihan na lang para sa kanila ang mga salita ng Diyos. Hindi sila kailanman nakaranas ng anumang pagtatamasa mula sa gawain ng Diyos o sa gabay ng Banal na Espiritu. Kapag binabasa nila ang mga salita ng Diyos, wala silang nakikitang liwanag at wala silang natatamong kaliwanagan o pagtustos. Ang tanging nakakamit nila ay ilang salita at doktrina, at ilang pagsisiwalat at kasabihan tungkol sa mga misteryo at hantungan. Kapag itinuturing nila ang mga kasabihan at doktrinang ito bilang kapital, tila nararamdaman nila na naging kontrolado na nila ang sarili nilang hantungan, na natiyak na nila ang kanilang hantungan. Gayumpaman, sa gitna ng patuloy na paglalantad, paghatol, at pagkastigo ng mga salita ng Diyos, o sa gitna ng mga hinihingi ng Diyos sa tao sa iba’t ibang yugto, pakiramdam nila ay tila nawalan na sila ng hantungan at hindi na sila maliligtas. Sa panahong ito, palagi silang hindi mapalagay sa loob-loob nila; palaging may mga pagtatalo sa isipan nila sa kanilang kaibuturan alang-alang sa pagtitiyak ng isang magandang

hantungan. Mahihirapan sila dahil sa isang pangungusap ng Diyos, magiging negatibo sila dahil sa isa pang pangungusap ng Diyos, at magiging masaya sila dahil sa isa pa. Gayumpaman, masaya man sila o kumakapit man sila sa isang hibla ng pag-asa, para sa mga gayong tao, panandalian lang ito. Kaya, sa huli, nararamdaman ng ilang anticristo na parang hindi maliligtas ang mga taong katulad nila; nakikita nila mula sa mga salita ng Diyos na tila ayaw ng Diyos sa mga taong kagaya nila—makakatanggap ba sila ng mga pagpapala o hindi? Ano ba talaga ang kinabukasan at tadhana nila? Pakiramdam nila ay walang nakakabatid sa mga ito, hindi sila sigurado tungkol sa mga ito. Sa puntong ito, ano ang gagawin nila? Maaari ba silang magsisi? Katulad ng mga taga-Ninive, kaya ba nilang abandonahin ang kasamaang hawak nila, magbalik-loob para magtapat at magsisi sa Diyos, tanggapin ang mga salita ng Diyos bilang buhay nila, at tanggapin ang mga salita ng Diyos bilang pundasyon ng kanilang pag-iral? Hindi nila kaya. Kung gayon, pagkatapos ng maraming taon ng paghahangad, maraming taon ng pag-asa, at maraming taon ng pag-aaral sa mga salita ng Diyos, kung mapagtatanto nila na ang mga katulad nila ay talagang hindi makakatanggap ng mga pagpapala, walang anumang pag-asa, at tiyak na hindi ang mga taong ililigtas ng Diyos, at hindi makakakuha sa gusto nila, ano ang gagawin nila? (Iiwan nila ang Diyos.)

May isang espirituwal na kasabihan, “Pinapanibago ko ang panata ko na mahal in ang Diyos: Iniaalay ko ang aking katawan at puso sa Kanya.” “Napakaringal” ng kasabihang ito. Noong una Kong marinig ang mga salitang ito, lubos Kong naramdaman ang “karingalan” ng wika ng tao sa puso Ko. Itinuturing ng mga tao ang kanilang mga panata bilang napakahalaga, napakadalisa at walang kapintasan; itinuturing nila ang kanilang pag-aalay ng pagmamahal bilang napakadalisa at sagrado. Kaya ba ng mga anticristo na panibaguhin ang kanilang mga panata na mahal in ang Diyos at ialay ang kanilang katawan at puso sa Kanya? (Hindi nila kaya.) Bakit hindi? Sinasabi ng ilang tao: “Pagkatapos basahin ang napakaraming salita ng Diyos, kapag nakikita ko na hindi gumagana o walang nakukuhang mga resulta ang paraan ko ng pag-iisip, pinapanibago ko lang ang aking panata na mahal in ang Diyos, at inuulit ko ang orihinal kong panata sa Kanya. Hindi ba’t pagbabalik-loob ito? Hindi naman ito mahirap.” Kaya bang gawin ng mga anticristo ang gayong bagay? (Hindi nila kaya.) Bakit hindi nila kaya? Hindi ba’t ang “Pinapanibago ko ang aking panata na mahal in ang Diyos” ang pinakamatalinong pahayag ng tao? Hindi ba’t ito ang pinakadakila at pinakadalisa na pagmamahal ng tao? Kung gayon, bakit hindi ito magawa ng mga anticristo? (Walang pagkaunawa sa Diyos ang mga anticristo, lalong wala silang tunay na pagmamahal. Ang pagmamahal nila ay pawang huwad at nakabatay sa mga interes nila. Sa sandaling wala silang makamit na mga pakinabang, tatalikod sila at aalis.) Kapag umabot sa puntong ito ang mga anticristo, pakiramdam nila ay may mali at na nagkamali sila ng pasya. Para mapalakas ang loob nila, kailangan nilang gumamit ng islogan o teorya para suportahan ang kanilang mga espirituwal na mundo—anong klaseng islogan? “Pinapanibago ko ang panata ko na mahal in ang Diyos: Iniaalay ko ang aking katawan at puso sa Kanya.” Ibig

sabihin nito, magsisimula silang muli. Kung hindi, hindi na sila makakapagpatuloy na mamuhay, at matatapos na ang pananampalataya nila sa Diyos. Nagsasalita ang Diyos araw-araw sa Kanyang gawain, at sa tuwing nagsasalita Siya, ang mga salita Niya ay pawang tungkol sa katotohanan—ang mga ito ay pawang mga salitang naglalantad sa mga tiwaling disposisyon ng tao, na nag-uutos sa mga tao kung paano sila dapat pumasok sa mga katotohanang realidad at kung paano nila uunawain ang mga katotohanang prinsipyo—pawang ganito ang Kanyang mga salita. At kaya, iniisip ng mga anticristo: “Bakit wala sa mga salitang ito ang tumatalakay tungkol sa mga hantungan o nagbabanggit ng mga usapin na may kinalaman sa pagkakamit ng mga pagpapala? Hindi ba’t ibig sabihin nito ay nauwi sa wala sa mga kamay ng diyos ang kinabukasan at tadhana namin? Wala na ba ang pangako ng diyos sa amin? Kung hindi kailanman binabanggit ng diyos ang mga bagay na ito, marahil ay mabibigo lang ang mga inaasam namin. Kung mabibigo ang mga inaasam namin, ano ang dapat naming gawin? Madali lang iyon. Kung walang sinasabi ang mga salita ng diyos tungkol sa mga bagay na ito, gumamit tayo ng pamamaraang pantao: Panibaguhin natin ang ating mga panata na mahal in ang diyos!” Paano nagkaroon ng napakatinding sigasig ang mga tao, ng napakalaking pagmamahal at pananalig noong una silang manampalataya sa Diyos? Nang umabot sa ruok ang mga ito, ang mga tao ay gumawa ng mga kapasyahan sa harap ng Diyos at nanumpa, sinabi nila: “Kailanman at nasaan man ako sa buhay na ito, igugugol ko ang sarili ko para sa Diyos at iaalay ko ang sarili ko sa Kanya nang walang anumang reklamo o pagsisisi. Umulan man o umaraw, sa hirap man o ginhawa, magkasakit man ako, at kahit ano pa ang mga kapighatian, susunod ako sa Kanya hanggang sa huli, hanggang matuyo ang dagat at maging alikabok ang mga bato. Kung lalabagin ko ang panatang ito, tatamaan ako ng kidlat mula sa langit at hindi ako magkakaroon ng magandang hantungan.” Bakit wala na ngayon ang mga panata nila? Pakiramdam nila ay dahil masyado nang matagal ang lumipas, at napawi nito ang kanilang pananalig at pagmamahal. Sa puso nila, iniisip nila: “Hindi maaari, kailangan kong lakasan ang loob ko. Kailangan kong maging masigasig at masigla, at magkaroon ng pananalig at sigasig na kagaya noon. Kailangan kong ibalik ang mga adhikain ko, hantungan ko, at ang pagnanais ko na makatanggap ng mga pagpapala. Sa gayong paraan, hindi ba’t magiging kasinglaki ng dati ang pananalig at pagmamahal ko sa diyos? Hindi ba’t magiging katulad ng dati ang tunay kong dedikasyon sa kanya?” Gayumpaman, gaano man mahirapan sa kaibuturan ng puso niya ang isang taong hindi naghahangad sa katotohanan ni kaunti, o gaano man niya gunitain ang orihinal niyang pananalig at sigasig para sa Diyos, hindi nito mababago ang kasalukuyan niyang sitwasyon. Ano ang sitwasyong ito? Kapag nauwi sa wala ang kinabukasan at tadhana niya, kapag papalayo nang papalayo sa kanya ang kinabukasan at tadhana niya, kapag halos nawasak na ang pagnanais niya na makatanggap ng mga pagpapala, at kapag hindi maisakatuparan ang lahat ng kanyang inaasam at pagnanais, nagiging napakahirap para sa kanya na magpursige—napakasakit para sa kanya sa kaibuturan ng kanyang puso na magpursige sa ganitong paraan. Madalas siyang nakakaranas ng

kalagayan at lagay ng loob kung saan tila hindi na niya kayang magpatuloy. Madalas niyang inaabangan kung kailan matatapos ang gawain ng Diyos upang matamasa niya ang mga pagpapala ng kaharian ng langit. Umaasa pa nga ang ilang tao, “Hayaang matapos agad ang gawain ng diyos, hayaang mabilis na sumapit ang malalaking kalamidad—kapag bumagsak ang langit, mamamatay ang lahat, walang sinuman ang dapat umasa sa magagandang resulta. Kung hindi ako magtatamo ng mga pagpapala, walang sinuman ang nararapat!” Sa kaibuturan ng puso nila, hindi sila umaasa na paparito ang kaharian ng Diyos, hindi sila umaasa na matatapos ang malaking proyekto ng Diyos, at hindi sila umaasa na maluluwalhati sa wakas ang anim-na-libong-taong plano ng pamamahala ng Diyos, o na ang Diyos ay magkakamit ng mga mananagumpay sa gitna ng sangkatauhan at mag-aakay sa sangkatauhan patungo sa magandang hantungan—hindi sila umaasa sa mga bagay na ito. Sa kabaligtaran, kapag nahaharap sa pagkawasak ang lahat ng kanilang pagnanais para sa mga pagpapala, sa kaibuturan ng kanilang puso, isinusumpa nila ang gawain ng Diyos, tutol sila sa gawain ng Diyos, at higit pa rito, tutol sila sa mga salita Niya.

Para sa ilang tao sa panahon ngayon, matapos makinig ng mga sermon sa loob ng napakaraming taon, habang mas nakikinig sila, mas lalo silang nakakaunawa, mas nalilinan ang puso nila, at mas lalo nilang gustong makinig. Sa kabaligtaran, mas nasusuklam ang ibang tao habang mas nakikinig sila sa mga sermon. Sa sandaling marinig nila ang mga salita ng Diyos, kusang nagpapakita ang malademonyo nilang katangian. Sa sandaling makinig sila sa pakikipagbahaginan ng Diyos tungkol sa katotohanan at tumutukoy ito sa mga tiwaling disposisyon ng tao, lumalabas ang kanilang mapaghimagsik na pag-iisip, at lubusang lumalabas ang kanilang pagkasuklam—hanggang saan nila ito dadalhin? Ang ilan ay sumusumpa sa puso nila: Isinusumpa nila ang Diyos, ang katotohanan, ang mga lider at manggagawa ng iglesia, at mas isinusumpa nila ang mga taong naghahangad sa katotohanan. Kapag nakikita nila ang mga ganoong uri ng tao, hindi nila nagugustuhan ang mga ito at gusto nilang batikusin ang mga ito. Kapag nakikita nila ang mga gayong tao na nangangaral ng mga salita ng Diyos, nagninilay-nilay sa mga salita ng Diyos, at nakikipagbahaginan tungkol sa mga salita ng Diyos, sumusumpa sila sa puso nila hanggang sa mapagod at antukin sila. Kaya, nagliliwanag ang mga mata ng ilang tao sa sandaling makarinig sila ng pakikipagbahaginan tungkol sa mga salita ng Diyos, samantalang kapag nakakarinig ang iba ng pakikipagbahaginan tungkol sa mga salita ng Diyos o kapag naririnig nilang sinasabi ng isang tao na nakatanggap ito ng kaunting liwanag mula sa mga salita ng Diyos, nalilito ang isipan nila, lumalabo ang mga isipan nila, at pinanghihinaan sila ng loob. Pakiramdam nila ay masyadong nabibigatan ang puso nila na hindi na sila makahinga, at palagi nilang gustong lumabas para makalanghap ng sariwang hangin. Pero kapag nakikipagbahaginan ka tungkol sa mga bagay tulad ng mga kinabukasan at tadhana, mga pagpapala ng Diyos, kung kailan matatapos ang gawain ng Diyos, at ng mga misteryo, gaano man kaliit ang silid o gaano man kasama ang hangin, hindi sila lumalabas para magpahangin o hindi

sila nakakaidlip; pinaigting nila ang kanilang mga tainga at nakikinig sila. Hindi mahalaga kung gaano katagal kang magsalita, kahit mawalan pa sila ng tulog o pagkain. Noong nakipag-ugnayan sa Akin ang ilang bagong mananampalataya, nakipagbahaginan Ako sa kanila tungkol sa mga kalagayan ng mga tao at kung paano dapat hangarin ng mga tao ang katotohanan, pero hindi sila nakaunawa at tinanong nila Ako kung puwede ba Akong magsalita tungkol sa ilang misteryo. Sabi Ko: “Gusto ninyong makarinig tungkol sa mga misteryo? Kung gayon, hayaan mong sabihin Ko muna sa iyo ang isang katunayan. Ang mga laging nag-uusisa tungkol sa mga misteryo at laging nagbibigay-pansin sa pagsasaliksik ng mga bagay na ito sa mga salita ng Diyos ay mga walang kuwenta. Sila ay pawang mga hindi mananampalataya at mga Pariseo.” Natulala ang mga bagong mananampalataya sa sagot Ko at masyado na silang nahiyang magtanong pa, pero nakahanap sila ng pagkakataon na magtanong ulit kalaunan, at sinagot Ko sila sa parehong paraan. Ano ang tingin ninyo sa paraan ng pagsagot Ko sa kanila? (Mabuti ito. Makakatulong ito sa kanila na pagnilayan ang kanilang sarili.) Magninilay-nilay ba sila? Hindi. Kung gayon, paano ninyo sila matutulungan? Sabihin lang ninyo sa kanila: “Ang mga misteryo ay hindi ang buhay o katotohanan. Kahit gaano karaming misteryo ang nauunawaan mo, hindi ito magiging katumbas ng pag-unawa mo sa katotohanan. Kahit malaman mo ang bawat misteryo, hindi ito magiging katumbas ng pagbibigay-daan sa iyo na makapunta sa langit o magkaroon ng magandang hantungan.” Ano ang tingin ninyo sa pagtulong sa kanila gamit ang mga salitang ito? Hindi ba’t ganap nitong naipapaliwanag ang usapin? Kapag ang mga salitang ito ay naririnig ng mga taong may espirituwal na pang-unawa, nagmamahal sa katotohanan, at naghahangad sa katotohanan, sinasabi nila, “Inakala ko na ang mga misteryo ay ang buhay, pero ngayong alam ko na hindi pala, hindi na ako magsasaliksik pa tungkol sa mga ito. Kung gayon, ano ba ang buhay?” Ipinapakita nito na nakaunawa na sila nang kaunti. Kaya, natutulungan ba ang mga anticristo pagkatapos nilang marinig ang mga salitang ito? Nagbabago ba sila? Hindi nila nagagawang magbago. Hindi sila nakakahanap ng anumang pakinabang sa mga salitang ito, naniniwala sila na walang mga pagpapala sa mga salitang ito, na walang kinalaman sa mga ito ang kinabukasan at tadhana nila, na hindi nauugnay at hindi konektado ang mga ito sa kinabukasan at tadhana nila, at na walang silbi ang mga ito, kaya, hindi nila kayang tanggapin ang mga ito. Kung gayon, anong pakikipagbahaginan ang konektado sa kinabukasan at tadhana nila? Maaari mong sabihin, halimbawa: “Sa panahon ngayon, maraming lumilitaw na kakaibang penomeno sa mundo. Sa ilang lugar, may lumitaw na apat na buwan, at ilang beses nang namasdan ang blood moon. Madalas nangyayari ang mga kakaibang pangyayari sa kalangitan. Iba’t ibang salot at sakuna na rin ang lumitaw sa mundo ng tao, at sa ilang lugar, nasasangkot ang mga tao sa kanibalismo. Kung titingnan ang sitwasyon, nakarating na tayo sa panahon ng mga mangkok at salot na ipinropesiya sa Aklat ng Pahayag.” Kapag naririnig ng mga anticristo ang mga salitang ito, nagniningning ang mga mata nila, at nakikinig silang mabuti. Nagagalak sila, “Mabuti na isinilang ako sa panahong ito. Makakatanggap ako

ng malalaking pagpapala. Talagang matalino ako! Hindi ko pinili na maghangad ng mga makamundong bagay. Tinalikuran ko ang aking makamundong kinabukasan at ang aking pamilya para sundin ang yugtong ito ng gawain ng diyos—masayang-masaya ako na nakakasunod ako hanggang ngayon. Nalalapit na ang araw ng diyos. Batay sa sitwasyon, mukhang aabot ako sa araw na matatapos ang gawain ng diyos bago ako mamatay. Sa araw na iyon, sigurado ako na isa ako sa mga ililigtas niya. Kay ganda nito!” Sa puso nila, lihim silang nagagalak na napili nila ang tamang landas, nahanap ang tamang pintuan, at na nakapagbayad sila ng ilang halaga. Nagagalak din sila na nagawa nilang sumunod hanggang sa puntong ito nang hindi sumusuko, na nasa sambahayan pa rin sila ng Diyos, at hindi nakapagdulot ng anumang problema, o hindi sila naalis o napatalsik. Kaya, mula noon, isasagawa ba nila ang katotohanan o magpapatuloy ba silang kumapit sa mga parehong inaasam? Hindi magbabago ang kanilang kaloob-loobang saloobin. Samakatwid, kapag nakahanap sila ng isang parte sa mga salita ng Diyos na pinaniniwalaan nilang natupad na, pakiramdam nila ay parang nakahanap sila ng kayamanan. Agad nilang nararamdaman na masuwerte sila, na napili nila ang tamang landas, na nakapasok sila sa tamang pintuan, na napili nila ang tamang Diyos, at na sila ay matatalinong tao at matatalinong dalaga. “Buti na lang, iniwan ko ang trabaho ko noon. Tama ang naging pasya ko. Bakit napakatalino ko? Kung hindi ako naging napakaingat noon, baka napalampas ko ang mga pagpapala ngayon. Kailangan kong patuloy na mag-ingat sa hinaharap at ilaan ang buhay ko sa pagsisikap para sa kinabukasan at tadhana ko.” Anong diwa ng mga anticristo ang nakikita ninyo sa usaping ito? Hindi ba’t mga oportunista ang mga taong ito? Wala silang tunay na pananampalataya sa Diyos, sa Kanyang mga salita, o sa Kanyang gawain. Mga oportunista sila, mga taong nakapuslit sa sambahayan ng Diyos. Kaya, sa sambahayan ng Diyos, palaging pampuno lang sa upuan ang mga taong ito, nagpapalipas lang ng mga araw nila. Binibilang nila sa mga daliri nila kung ilang taon na silang sumusunod sa Diyos, binibilang nila ang mga halagang ibinayad nila, ang mga dakilang bagay na nagawa nila, ang gawain ng Diyos na personal nilang naranasan, at ang mga hakbang ng gawain ng Diyos na may kaunti silang pagkaunawa. Kinakalkula nila ang mga bagay na ito sa puso nila buong araw, nang paulit-ulit, isinasantabi ang mga pinakamahalagang bagay na nauukol sa katotohanan at buhay. Nananampalataya sila sa Diyos para lang makatanggap ng mga pagpapala—ito ay oportunismo. Wala sa mga salita ng Diyos, o sa kaalamang batay sa karanasan ng sinuman, ang makakapagpabago sa oportunistang saloobin nila kahit kailan. Ganito ang mga anticristo. Hindi sila kailanman makikipagkompromiso pagdating sa sarili nilang mga interes; hindi nila kailanman babaguhin ang mga pananaw nila, babaguhin ang direksiyon at mga layon ng landas na tinatahak nila, o babaguhin ang mga prinsipyo nila sa sariling asal alang-alang sa kinabukasan at tadhana nila. Hindi nila isasagawa ang alinman sa mga salita ng Diyos para sa kinabukasan at tadhana nila, kahit isang salita. Sinasabi ng ilan: “Isinasagawa naman nila paminsan-minsan ang ilang salita, tulad ng pagtalikod sa mga bagay-bagay o paggugol ng kanilang sarili.” Anuman ang isinasagawa nila,

ginagawa nila ito sa batayan na may kinabukasan at tadhana sila, at makakatanggap sila ng mga pagpapala. Anuman ang katotohanang isinasagawa nila, ito ay nadungisan at ginawa nang may intensiyon at layon. Ganap itong naiiba sa pagsasagawang hinihingi ng Diyos.

Kapag nagbabasa ang mga anticristo ng mga salita ng Diyos, pangunahing ginagamit nila ang mga salita ng Diyos para hanapin ang kanilang hantungan at ang mga misteryo, kasama ang nilalaman na may kaugnayan sa kung kailan matatapos ang gawain at plano ng pamamahala ng Diyos, at kung kailan sasapit ang mga kalamidad, at iba pa. Alang-alang sa sarili nilang hantungan, kaya nilang magsumikap nang husto at gumawa ng maraming bagay. Kaya, kapag natapos na ang gawain ng Diyos at sumapit ang malalaking kalamidad, ang nais nilang malaman at ang iniisip lang nila ay kung maaari bang ipagpalit sa mga pagpapalang nais nila ang mga bagay na nagawa nila, ang mga halagang ibinayad nila, at ang mga bagay na tinalikuran nila, at kung maiwasan ba nila na magdusa sa mga kalamidad. Sa buong proseso ng pag-aaral nila sa mga salita ng Diyos, ilang taon man ang itatagal nito, ang iniisip lang nila ay ang kanilang sariling kinabukasan at tadhana. Samakatwid, ang pokus nila habang binabasa ang mga salita ng Diyos at ang nilalaman na hinahanap nila sa mga salita ng Diyos ay pawang may ilang espesyal na tanda at katangian. Karaniwan, sa unang anim na buwan o sa unang taon, naghahanap ang mga bagong mananampalataya ng mga gayong paksa sa mga salita ng Diyos. Pero pagkatapos ng anim na buwan o isang taon, napagtatanto ng ilang tao na nabasa na nila ang lahat ng parteng ito noon pa, at sa tingin nila ay wala nang kabuluhan na saliksikin pa ang mga ito, na hindi mabibigyang-daan ng mga ito ang mga tao na makapasok sa katotohanan, at maaari pa nga itong makaapekto at makagulo sa pagpasok nila sa katotohanan, kaya, hindi na nila binabasa ang mga parteng ito. Para sa kanila, sapat na ang paminsan-minsang pagtingin at pag-unawa sa mga ito. Sa mga natitirang oras, nagninilay-nilay sila, “Paano ako makakapasok sa katotohanan? Maraming salita ng Diyos ang naglalantad sa sangkatauhan. Inilalantad ng mga ito ang panlilinlang, pagiging mapaghimagsik, at mayayabang na disposisyon ng mga tao; inilalantad ng mga ito ang iba’t ibang kuru-kurong panrelihiyon at saloobin ng mga tao patungkol sa Diyos. Higit pa rito, inilalantad ng mga ito ang iba’t ibang pagpapamalas ng di-normal na pagkatao ng mga tao. Kaya, paano ko mahahanap ang dapat isagawa ng mga tao mula sa mga salita ng Diyos?” Ang mga bagay na ito ang pinagsusumikapan ng mga taong nagmamahal at naghahangad sa katotohanan. Madalas silang nagtatanong tungkol sa mga aktuwal na problema na kailangan nilang maunawaan at pasukin sa kanilang tunay na buhay, gaya ng, “Ano ang susunod na dapat nating gawin, at paano tayo dapat magsagawa? Matapos manampalataya sa Diyos, siguradong magiging iba tayo sa mga walang pananampalataya at sa mga taong may mga matibay na paniniwala sa relihiyon, kaya anong mga kuwalitatibong pagbabago ang dapat mangyari sa buhay natin? Pagdating sa pag-asal natin at sa pakikitungo sa mundo, paano tayo dapat magsalita at kumilos, paano tayo dapat makisalamuha sa iba, at paano natin dapat

isagawa ang katotohanan?” Gayumpaman, kahit manampalataya ang mga anticristo nang 10, 20, o 30 taon, hindi nila kailanman itatanong ang mga ito. Pinag-aaralan nila ang mga salita ng Diyos at hinahanap nila sa mga salita ng Diyos ang pag-asa na makatanggap ng mga pagpapala at ang hantungan nila, at kahit maghanap pa sila sa loob ng 20 o 30 taon, hindi sila magsasawang gawin ito. Sa sandaling magkaroon ng katiting na tanda ng problema, agad silang naghahanap ng nilalaman sa mga salita ng Diyos na may kaugnayan sa hantungan nila, at pagkatapos ay sinusuri nila kung ano ang maaaring saloobin ng Diyos sa kanila batay sa kanilang kasalukuyang pananampalataya. Tila tinutukoy nila ang kanilang hantungan ayon sa mga siklo at mga panahon. Hinding-hindi nila babaguhin ang mga kaisipan at saloobin nila, at hinding-hindi nila hahangarin ang katotohanan dahil lang sa mga pagbabago sa paraan ng paggawa ng Diyos o sa pagpapahayag ng Kanyang apurahang layunin para sa sangkatauhan. Hinding-hindi nila gagawin ang gayong bagay. Kaya naman, may ilang tao na 20 o 30 taon nang nananampalataya ang patuloy na pinagsusumikapan ang mga misteryo at paksang iyon na binanggit ng Diyos na may kinalaman sa tadhana at hantungan ng sangkatauhan. Gaano nagsisikap ang ilang tao? Sinasabi nila: “Nang ikumpara ko ang bawat parte ng mga salita ng diyos, natuklasan ko ang pinakamalaking misteryo. Kapag lumisan na si cristo sa lupa, mangyayari ito sa tagsibol.” Ano sa tingin ninyo ang nararamdaman Ko matapos itong marinig? Masaya ba Ako o malungkot? Hindi Ako masaya at hindi rin Ako malungkot. Sa tingin Ko, katawa-tawa ito. Talagang may mga taong pinagsusumikapan ang ganitong bagay, hanggang sa puntong alam na nila ang partikular na panahon. Kung mas magsusumikap pa sila at matutuklasan nila ang eksaktong oras, hanggang sa puntong alam na nila ang tumpak na minuto at segundo, talagang magiging mga “henyo” na sila! Talagang katawa-tawa at nakakainis na kayang matuklasan ng mga “henyo” na iyon ang isang bagay na maging Ako Mismo ay hindi alam. Bakit ito katawa-tawa? Walang taong nakakaalam sa eksaktong oras kung kailan nagkatawang-tao ang Diyos, ni si Satanas ay hindi alam ito. Hahayaan ba ng Diyos na malaman ng sinuman ang isang bagay na kahit si Satanas ay hindi alam? Siyempre hindi. Gayundin, pagdating sa kung kailan tatapusin ng Diyos ang Kanyang malaking proyekto, at kung kailan tatapusin ng Kanyang katawang-tao ang gawain sa lupa at kung kailan Siya lilisan—isa ba itong bagay na ipapaalam ng Diyos sa sinuman? May dahilan ba para malaman ito ng lahat? (Wala.) Hahayaan ba ng Diyos na aksidenteng malaman ng mga tao ang anumang bagay na ayaw Niyang malaman ng mga tao kapag nagsasalita Siya? Tiyak na hindi. Subalit, talagang sinasabi ng ilang tao na natuklasan nila sa mga salita ng Diyos ang oras kung kailan aalis ang Diyos sa lupa. Sinasabi pa nga nila na sa tagsibol ito. Hindi ba’t kakaiba ito? Hindi ba’t katawa-tawa ito? Alin sa mga salita ng Diyos ang pinagbatayan ng mga taong ito ng kanilang pahayag? Nang magsalita ang Diyos tungkol sa paggawa ng isang bagay sa tagsibol, maaaring ibang bagay ang tinutukoy Niya. Maaari kayang ito ang tinutukoy Niya? Paano nila naisip na iugnay ito rito? Malinaw at hayagang sasabihin ng Diyos sa mga tao ang gusto Niyang malaman

ng mga tao. Hindi mauunawaan ng mga tao ang isang bagay na ayaw ng Diyos na malaman nila, gaano man sila magsaliksik; imposibleng malaman ng sangkatauhan ang mga gayong bagay. Sinasabi ng mga taong ito na alam nila, at na may mga resulta ang pagsasaliksik nila. Nagbibigay pa nga sila ng eksaktong oras. Hindi ba't pagsasalita ito ng walang katuturan? Ito ay paglilihis sa mga tao, panggugulo sa isipan nila, at panggambala sa pananaw nila. Nagmumula ito kay Satanas at tiyak na hindi ito kaliwanagan mula sa Diyos. Hindi Niya bibigyang-liwanag ang mga tao tungkol sa bagay na ito. Walang silbi na malaman ito ng mga tao. Tiyak na hindi kailanman hahayaan ng Diyos na aksidenteng malaman ng mga tao ang anumang bagay na ayaw Niyang malaman ng mga tao. Kaya Ko sinasabing katawa-tawa ito. Kung gayon, bakit nakakainis ito? (Ipinapahayag ng Diyos ang katotohanan para mabago ng mga tao ang mga tiwaling disposisyon nila sa pamamagitan ng mga salitang ito, at para bigyang-daan ang mga tao na hangarin at kamtin ang katotohanan, pero ginagamit ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos para magsaliksik ng mga hantungan at mga misteryo.) Medyo nakakainis din ito, pero ano ang tunay na dahilan ng pagkainis Ko? Halimbawa, kung malaki ang kinikita ng isang mayamang magulang para sa mga anak niya, at maliliit pa ang mga anak niya at kinakailangang umasa sa magulang nila para palakihin sila, at ganap na nakasalalay sa magulang na iyon ang kabuhayan nila, hihilingin ba ng mga anak na iyon na maagang mamatay ang magulang nila? Hahanap ba sila ng manghuhula para mabilis na makalkula kung kailan mamamatay ang magulang nila? May sinuman ba na kumikilos sa ganitong paraan? (Wala.) Kung mayroon man, hindi ba't nakakainis ito? Nakakainis nga! Kamuhi-muhi ang mga gayong tao! Ngayong pumarito na sa lupa ang Diyos, kahit pa kaya ng katawang-tao Niya na mamuhay nang higit sa isang daang taon at gumawa nang isang daang taon, limitado pa rin ang mga katotohanang kayang maunawaan ng mga tao. Isipin ninyo, mula sa pagkakatawang-tao ng Panginoong Jesus hanggang sa kasalukuyang yugto ng gawain ng Diyos, gaano karaming katotohanan ang nakamit ng sangkatauhan sa loob ng dalawang libong taong ito? Karaniwang hindi nauunawaan ng sangkatauhan ang katotohanan. Sa yugtong ito, 30 taon nang gumagawa ang Diyos, at halos 30 taon nang nagsasalita ang Diyos. Iyong mga pinakamatagal nang nagbabasa sa mga salita ng Diyos ay 30 taon nang nagbabasa ng mga ito. Gaano karaming katotohanan na ang naunawaan ng mga tao? Napakalimitado ng pagkaunawa nila. Mabagal ang pagpasok ng sangkatauhan sa katotohanan. Ibig sabihin, napakahirap at napakabagal ng pagkintal ng katotohanan sa mga tao at gawin itong buhay nila. Subalit, kahit na ganoon ito kabagal, may ilang tao pa rin na umaasa, "Kailan lilisanin ng diyos ang lupa? Kailan matatapos ang gawain ng diyos?" Makikinabang ba sila sa pag-alis ng Diyos sa lupa at sa pagtatapos ng Kanyang gawain? Sa araw na umalis ang Diyos sa lupa, mamamatay sila. Masesentensiyahan sila ng kamatayan. Ano ang dapat nilang ikagalak? Anong klaseng tao ito? Hindi ba't wala silang moralidad? Tinatawag silang mga suwail na anak sa piling ng mga makamundong tao. Tinatawag natin silang mga hindi mananampalataya at mga anticristo, at wala silang kuwenta.

Noong ipinapahayag ang nilalaman ng Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao, maraming tao ang naniwala na “Ang diyos na nagkatawang-tao ay gumagawa lang ng gawain. Isinasakatuparan niya ang ilang hakbang ng gawain, mayroon siyang ilang paraan ng paggawa, at ilang paraan ng pagsasalita, at iyon na iyon, matatapos na ang gawain niya pagkatapos niyon. Kapag natapos na ang gawain niya, wala nang magiging silbi ang katawang-tao, at hindi na niya kakailanganing magsalita pa. Mayroon tayong makakamit, at kailangan na lang nating abangan ang araw na matatapos ang gawain ng diyos. Sa sandaling magawa na nating matalakay at maipangaral ang mga salitang ito ng diyos, magkakaroon tayo ng hantungan at tatanggap ng malalaking pagpapala.” Nagkimkim ng ganitong saloobin ang ilang tao. Pagkatapos, nagbahagi Ako ng mas maraming salita, partikular na ang mga salita ng Ukol sa Pagkakilala sa Diyos, pati na ang mga salitang ibinabahagi Ko sa panahong ito. Nang makita ito ng ilang tao, naisip nila, “Hindi ba’t nakapaloob sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao ang lahat ng salita ng diyos? Bakit ipinahayag niya ngayon ang volume na Ukol sa Pagkakilala sa Diyos? Bakit parami nang parami ang mga salitang ipinapahayag ng diyos? Mula ngayon, dapat magtalakay siya ng ilang misteryo, ng ilang usapin tungkol sa langit, at kung paano lalakad ang mga tao kasama ang diyos sa langit sa hinaharap. Talagang nagpapasigla sa amin ang pag-uusap tungkol sa mga bagay na ito!” Anong uri ng mga tao ang may mga ganitong kaisipan? (Mga anticristo.) Bakit sila nagkaroon ng mga ganitong kaisipan? Dahil hindi sila interesado sa katotohanan kahit kaunti. Naisip nila, “Maraming taon na kaming sumusunod sa diyos. Alam namin kung paano gumawa ang diyos sa simula. Personal naming naranasan ang ilang hakbang ng gawain ng diyos. Personal din naming naranasan ang mga paraan ng pagsasalita ng diyos at nakita ito ng sarili naming mga mata. Kami ang mga saksi ng diyos at ang henerasyong pinakakarapat-dapat na tumanggap ng mga pagpapala.” Hindi nila sinunod ang Diyos dahil nagsalita at nagpahayag Siya ng katotohanan, kundi dahil sa paunang pagtatalaga ng Diyos. Inakay sila ng Diyos na maranasan ang ilang hakbang ng gawain, at pasibo silang sumunod sa Diyos. Kalaunan, nang patuloy na umusad ang gawain ng Diyos, pumili Siya ng mas marami pang tao na makakasabay sa Kanyang kasalukuyang yugto ng gawain. Patuloy na lumawak at nagbago ang mga pangunahing tumatanggap ng gawain ng Diyos. Unti-unting natiwalag ang ilang taong sumusunod sa Diyos noong una dahil hindi nila hinangad ang katotohanan, dahil pinanghawakan nila ang iba’t ibang kuru-kuro at maling pagkaunawa tungkol sa Diyos, at dahil nagkaroon sila ng iba’t ibang uri ng pagsuway at kawalan ng kasiyahan tungkol sa Diyos. May mga dahilan na kapwa subhetibo at obhetibo sa pagtitiwalag sa mga taong ito. Sa subhetibong dahilan, hindi nila hinangad ang katotohanan, at itinuring nila ang mga salita ng Diyos bilang mga doktrina at ipinangaral ang mga ito sa malayo at nang malawakan, tulad ng mga Pariseo. Hanggang ngayon, hindi pa rin nauunawaan ng ilang tao kung ano ang mga katotohanang realidad—para silang mga patay na tao. Sa obhetibong dahilan, ang mga taong natiwalag ay mga taong personal na nakaranas sa simula ng bagong gawain ng

Diyos, pero dahil sa karakter, paghahangad, at kakayahan nila, hindi sila naging kalipikado sa susunod at mas bagong gawain ng Diyos. Dahil dito, mabilis na itiniwalag at pinalayas ng mga hakbang ng gawain ng Diyos ang mga taong ito. Masasabi na sa loob ng ilang panahon bago ipinahayag ang mga salita ng Ukol sa Pagkakilala sa Diyos, maraming tao ang lihim na nagagalak sa kaibuturan ng puso nila, sinasabi nila: “Sa wakas, wala nang masasabi ang taong kinontra at kinondena ko. Natapos na sa wakas ang mga hakbang ng gawain niya. Noon, may mga kuru-kuro ako tungkol sa kanya. Sinuway ko siya at hindi ako nasiyahan sa kanya, at kinondena at kinontra ko rin siya. Tama nga ako. Hindi siya diyos; hindi siya si cristo. Hindi mahalaga kung paano ko siya tratuhin dahil hindi naman siya diyos. Isa lang siyang kasangkapan ng diyos, tagapagsalita ng diyos.” Higit pa rito, sinabi pa nga ng ilan: “Hindi naiiba sa atin ang katawang-taong ito. Ang espiritu sa loob niya ang nagsasalita at gumagawa ng gawain; wala itong kinalaman sa katawang-taong ito.” Lihim na kinondena at nilapastangan ng ilang tao si Cristo sa ganitong mapangahas na paraan. Nang ipahayag ang mga katotohanan sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao Volume II: Ukol sa Pagkakilala sa Diyos, nakaramdam ng pagkabalisa sa puso nila ang mga taong ito na kumondena at lumapastangan kay Cristo. Ano ang dahilan ng pagkabalisan ito? Sa isang banda, matagal na silang may mga kuru-kuro sa puso nila, kinontra nila ang taong nagpahayag sa katotohanan. Sinuway nila ang taong ito at hindi sila nasiyahan dito, at kinondena at nilapastangan pa nga nila Siya. Sa kabilang banda, ang mga salitang ipinahayag ng Diyos pagkatapos ng 2013 ay nagsiwalat ng maraming misteryong hindi pa nalalaman ng sangkatauhan. May partikular na epekto ang mga misteryong ito na nagpapatibay sa pananalig ng mga bagong mananampalatayang wala pang matatag na pundasyon, at sa isang iglap lang, ang mga misteryong ito ay nagdulot ng katiyakan sa kanilang pusong may pagdududa. Samantalang para sa mga tao na maraming taon nang nananampalataya sa Diyos subalit dating kumontra, kumondena, at lumapastangan kay Cristo, direkta silang tinamaan ng mga misteryong ito, na lalo nilang ikinabalisa. Naisip nila, “Ganap na katapusan na natin ngayon. Itiniwalag na tayo ng diyos. Ayaw na niya sa amin. Nagpahayag ang diyos ng napakaraming salita noon, pero palagi namin siyang itinuturing na isang tao. Inakala namin na kapag natapos na ang mga hakbang ng gawain niya, wala nang kinalaman sa kanya ang mga natirang bagay, na natapos na ng taong ito ang serbisyo niya, at na mula noon, makakasalamuha na namin ang diyos sa langit at mananampalataya kami sa diyos sa langit. May mga kuru-kuro kami tungkol sa diyos sa lupa. Sinuway at hinamak namin siya.” Sa pamamagitan ng mga salitang ipinahayag noong 2013, marami sa kapangahasan ng mga taong ito ang napawi. Bago ito, nagkaroon ng mga pagdududa ang ilang tao tungkol sa gawain ng Diyos. Nilabanan at nilapastangan nila ang nagkatawang-taong laman ng Diyos, at inabandona pa nga ng ilan ang pananampalataya nila. Bakit nila ginawa ito? Dahil nagkaroon sila ng mga kuru-kuro. Hindi lamang nila itinatwa ang Diyos na nagkatawang-tao at ang Kanyang gawain, kundi itinatwa rin nila ang pag-iral ng Diyos. Batay sa saloobin ng mga taong ito tungkol sa

Diyos, ano dapat ang maging kalalabasan nila? Batay sa saloobin at pananaw nila sa Diyos, ano ang diwa nila? (Diwa ng isang hindi mananampalataya.) Ang unang pangunahing katangian ng mga hindi mananampalataya ay oportunismo. Sa sandaling mahanap nila ang sarili nilang mga interes sa salita ng Diyos, kakapit sila sa mga ito, tatanggong bumitiw, at susubukan nilang makinabang mula sa mga salita Niya. Ang ikalawa ay na kaya nilang lapastanganin ang Diyos kahit kailan at kahit saan, kaya nilang bumuo ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos kahit kailan at kahit saan, at kapag hindi naaayon sa mga kuru-kuro nila ang isang maliit na bagay, nagagawa nilang husgahan, kondenahin, at kontrahin ang Diyos. Wala silang takot sa Diyos ni kaunti. Pawang may diwa ng mga anticristo ang mga taong ito; mga anticristo silang lahat. Ano pa ang isa nilang katangian? Lubos na walang pagmamahal sa katotohanan ang mga taong ito. Sila ang unang tumanggap sa mga salita ng Diyos, sila ang unang nakarinig ng mga salita ng Diyos, at sila rin ang mga personal na nakaranas sa mga hakbang at pamamaraan ng gawain ng Diyos. Tatlumpung taon na ngayon na nananampalataya sa Diyos ang mga taong ito, pero ang karamihan sa kanila ay hindi kayang gumawa ng anumang tungkulin sa sambahayan ng Diyos, at wala silang mga karanasan na mapag-usapan. Saanman sila pumunta, tinatalakay lang nila iyong mga patay na salita at doktrina. Ano ang kanilang pinakahalatang katangian? Tatlumpung taon na silang nananampalataya sa Diyos, pero hindi man lang nagbago ang disposisyon nila, at wala silang takot o pagkaunawa sa Diyos. Kaya nilang basta-bastang husgahan ang nagkatawang-taong laman ng Diyos nang palihim, at gumawa pa nga ng gulo at kondenahin ang Diyos nang walang kahit katiting na pangamba o takot. Hindi nila mahal ang katotohanan, tutol sila sa katotohanan, at kinontra nila ang katotohanan. Pagdating sa Diyos na nagkatawang-tao, nangangahas silang sabihin ang kahit ano; nangangahas silang suriin at husgahan ang lahat, at sa tuwing nagkakaron sila ng mga kuru-kuro, nangangahas silang ikalat ang mga ito. Hindi ba't kasuklam-suklam ang mga taong ito? (Ganoon na nga.) Sila ba ay mga tao na hinirang ng Diyos? Tatlumpung taon na silang nananampalataya sa Diyos, pero wala silang taglay na mga realidad, at hindi man lang nagbago ang mga disposisyon nila—hindi ba't mga patay na tao ang mga ito? Pagkatapos manampalataya sa Diyos nang tatlong taon pa lang, hindi ba't makakaunawa at makakapasok sa ilang katotohanan iyong mga tunay na naghahangad sa katotohanan at talagang nagtataglay ng normal na pagkatao? (Makakaunawa at makakapasok sila.) Pero may mga tao na tatlumpung taon nang nananampalataya sa Diyos na wala man lang anumang karanasan. Kung hihilingin mo sa kanila na magtalakay tungkol sa mga karanasan nila, puro doktrina, islogan, at mga salitang nanenermon lamang ang tatalakayin nila. Kaya, anong pagsisikap ba ang inilaan nila sa mga salita ng Diyos sa nakaraang 30 taon? Ano ang nakamit nila? Malinaw na hindi nila tinatanggap ang mga salita ng Diyos. Tinatanggap nila ang mga salita ng Diyos tungkol sa pagbibigay ng mga pagpapala at pangako sa sangkatauhan, ang Kanyang mga salita na magandang pakinggan, ang Kanyang mga salita na nakapagbibigay-ginhawa at nakapanghihiikayat, at mga salitang kaaya-aya sa pandinig, pero hindi nila tinatanggap ang alinman sa mga katotohanang

ipinahayag ng Diyos o ang alinman sa mga hinihingi Niya sa sangkatauhan. Wala silang tinatanggap ni isa. Hindi ba't dapat itiwag ang mga taong ito? (Dapat lang.) Masasabi ba na hindi makatarungan na itiwag ang mga gayong tao? (Hindi.) Iyon ay dahil sinasadya nilang magkasala kahit na alam na alam nila ang katotohanan.

Nakagawa ang Diyos ng napakaraming gawain at nakapagsalita ng napakaraming salita sa mga huling araw, at naranasan ito ng mga tao, at nasaksihan ng sarili nilang mga mata ang bawat hakbang ng gawain ng Diyos. Sa anumang perspektiba ito tinitingnan, hindi mapapabulaanan na nagpahayag na ang Diyos ng napakaraming katotohanan at nagliligtas ng napakaraming tao, at walang sinumang dapat na kumuwestiyon dito. Gaano man kaordinaryo at kanormal ang Diyos na nagkatawang-tao, gaano man Siya tila hindi kapansin-pansin para sa tao, dapat pa ring tanggapin ng mga tao ang mga salita Niya bilang ang katotohanan. Sinasabi ng ilan, "Dahil napakahamak at napakaordinaryo ng diyos na nagkatawang-tao, at hindi man lang dakila, paano kami mapapahanga sa kanya? Kaya ba ng gayong ordinaryong katawang-tao ang anumang dakilang gawain? Talaga bang makakatanggap kami ng malalaking pagpapala mula sa kanya? Hindi namin alam; ang magagawa lang namin ay tratuhin siya bilang isang ordinaryong tao." Sinasabi ng iba, "Dahil hindi kami kumbinsido sa ilang bagay na ginawa mo, at nagdulot sa amin ng mga kuru-kuro ang ilan sa mga ito, at ang iba naman ay hindi namin maarok, at dahil may mga sinabi ka na hindi katanggap-tanggap para sa amin, hindi ka maaaring kumatawan sa diyos sa langit—kaya, dapat ka naming labanan hanggang sa pinakahuli. Kung hihilingin mo sa amin na ipangaral ang ebanghelyo, hindi namin gagawin iyon; kung hihilingin mo sa amin na gawin ang aming tungkulin, hindi rin namin gagawin iyon; at kung hihilingin mo sa amin na tanggapin ang katotohanan, hindi namin ito tatanggapin. Lalabanan ka namin kung anong klaseng tao ka man hanggang sa pinakahuli—tingnan natin kung ano ang magagawa mo sa amin." Sa puso ng mga taong ito na hindi talaga tumatanggap sa katotohanan, mayroong libo—sampung libong—mga dahilan para itatwa ang gawain ng Diyos, para itatwa na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan, at para itatwa ang Kanyang nagkatawang-taong laman. Ngunit may isang bagay na maaaring hindi masyadong malinaw sa kanila: Gaano man karami ang dahilan nila, kung hindi nila tinatanggap ang mga katotohanang ito, hindi sila maliligtas. Kung hindi mo tinatanggap ang Aking persona o kung hindi ka nagpapasakop sa gawain ng Diyos, ayos lang iyon—hindi kita pipilitin. Pero kung hindi mo kikilalanin ang mga salitang ito ng Diyos bilang ang katotohanan at kung hindi mo isasagawa ang mga ito bilang ang katotohanan, sasabihin Ko sa iyo ito nang may buong pagkamatapat: Hinding-hindi ka maliligtas, at hindi ka kailanman makakapasok sa pintuan ng kaharian ng langit. Kung iiwasan mo ang mga salitang ito ng Diyos, ang mga katotohanang ito, at si Cristo na gumagawa at nagliligtas sa sangkatauhan, kung gayon, gaano man karaming doktrina ang nauunawaan mo, o gaano man katindi ang paghihirap na tinitis mo, hindi mo makakamit ang katotohanan; isa ka lang basura. Anuman ang dahilan mo sa pananampalataya sa Diyos, at anuman ang layon mo sa paggawa ng iyong tungkulin, hindi ka maliligtas. At kung hindi ka maliligtas,

anong mga pagpapala ang matatanggap mo? May ilang tao na nakikipagtunggali sa Diyos sa langit, at ang iba naman ay nakikipagtunggali sa Diyos sa lupa, at nangangahas silang kuwestiyunin ang mga salita ng Diyos at ang katotohanan, hanggang sa puntong wala na nga silang pakialam kung ano ang magiging kalalabasan at hantungan nila. Hindi ba't ubod ng sama ito? Napakabuktot ng mga hamak na ito! Ang bawat isa sa kanila ay masamang tao. Silang lahat ay mga hindi mananampalataya, oportunista, mga taong walang kahihiyan, at ito ang diwa ng mga anticristo.

Kakabahagi Ko lang tungkol sa saloobin ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos. Kapag hinaharap ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos, hindi nila hinahanap ang katotohanan o ang mga prinsipyo ng pagsasagawa sa loob ng mga ito. Hindi nila hinahangad na maunawaan mula sa mga salita ng Diyos kung paano makamit ang daan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan, at lalong hindi nila hinahangad na maunawaan ang mga layunin ng Diyos, para puwede silang maging isang tao na tumutugon sa mga layunin Niya. Sa halip, gusto nilang mahanap sa mga salita ng Diyos ang kanilang ninanais na hantungan, pati na rin ang iba't ibang pakinabang na nais nila, pati na kung makakatanggap ba sila ng mga pagpapala at kung paano sila makakatanggap ng mas maraming biyaya sa buhay na ito, at kung makakatanggap ba sila nang higit na mas marami sa mundong darating, at iba pa. Ito ang mga bagay na hinahanap nila sa mga salita ng Diyos. Samakatwid, kahit sa anong perspektiba mo man ito tingnan, hindi kailanman itinuturing ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan, ni iniisip na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan at dapat tanggapin ng sangkatauhan. Ang saloobin nila sa mga salita ng Diyos ay na nais nilang gamitin ang mga salita ng Diyos para makuha ang ninanais nilang mga pagpapala at hantungan. Nais nilang gamitin ang mga salita ng Diyos bilang pambuwelo para makamit ang mga bagay na hinahangad nila at matamo ang mga layon nila. Batay sa paghahangad nila, sa landas na tinatahak nila, at sa saloobin nila sa mga salita ng Diyos, isang grupo ng mga hindi mananampalataya ang mga taong ito, isang grupo ng mga oportunista. Kapag hindi mahanap ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos ang ninanais nilang mga pakinabang at hantungan, o kapag, sa proseso ng pag-aaral sa mga salita ng Diyos, nadidismaya sila sa mga salita ng Diyos tungkol sa mga kinabukasan at tadhana, o sa mga pangako ng Diyos sa sangkatauhan, at hindi matugunan ang mga pagnanais nila, walang habas at walang pag-aalinlangang isinasantabi nila ang mga salita ng Diyos na hawak nila, tinatalikuran at inaabandona nila ang Diyos, at hinahangad nila ang buhay na nais nila. Hindi sila lumalapit sa Diyos para tanggapin ang Kanyang pagliligtas. Kapag binabasa nila ang mga salita ng Diyos, hindi nila itinuturing ang mga ito bilang ang katotohanan, sa halip, nais nilang gamitin ang mga salita ng Diyos para makamit ang kanilang mga personal na layon at matugunan ang kanilang mga personal na pagnanais at ambisyon. Dahil dito, walang pagod nilang hinahanap ang mga salita ng Diyos para sa kalalabasan at hantungan nila. Hinahanap nila kung ano ang sinasabi ng Diyos tungkol sa mga sakuna, ang Kanyang mga pagsisiwalat tungkol sa mga misteryo, ang

Kanyang mga pagsisiwalat tungkol sa pag-unlad ng sangkatauhan, at ang ilang lingid-sa-kaalaman na impormasyon tungkol sa gawain Niya. Ito ang nilalaman na mahalaga sa kanila. Hindi sila interesado sa kahit anong bagay na labas sa saklaw na ito. Madalas pa nga nilang hinahamak at nilalabanan ang ilang hinihingi ng Diyos sa tiwaling sangkatauhan. Nakakaramdam pa nga sila ng pagtutol sa paglalantad ng Diyos sa tiwaling sangkatauhan. Madalas silang nakakahanap ng kamalian sa paggamit ng salita at sa tono ng pananalita sa mga salita ng Diyos, at sinusubukan nilang makahanap ng puwede nilang gamitin laban sa Diyos. Halimbawa, kapag inilalantad ng Diyos ang sangkatauhan bilang “mga patutot” at “mga bayaran,” sinasabi nila: “Paanong matatawag na mga salita ng diyos ang mga ito? Hindi magsasalita ang diyos sa ganitong paraan! Dapat magsalita ang diyos sa pino, malumanay, at mapagsaalang-alang na paraan.” Pagdating sa ilang salita ng Diyos na hindi naaayon sa mga kuru-kuro ng tao, hindi naaayon sa gramatika ng tao, at hindi naaayon sa nakasanayang pangangatwiran ng mga tiwaling tao, iniisip nila, “Hindi mga salita ng diyos ang mga ito; hindi magsasalita ang diyos sa ganitong paraan! Ang diyos ay napakataas, dakila, at hindi maarok, kaya paanong magiging napakaordinaryo ng mga salita niya? Paanong lubos na hindi naaayon ang mga ito sa nakasanayang pangangatwiran? Kung ang katotohanan ang mga salita ng diyos, dapat ipahayag ang mga ito sa paraang pahahalagahan, sasambahin, at hahangaan ng lahat. Dapat hindi maarok ang lahat ng ito—ganoon dapat ang mga salita ng diyos!” Pagdating sa mga salita ng Diyos, mayroon silang iba’t ibang kuru-kuro, iba’t ibang limitasyon, at iba’t ibang hinihingi pa nga. Batay sa mga hinihingi at limitasyon nila, makikita na ang diwa ng mga anticristo ay ang diwa ni Satanas. Ang saloobin nila sa Diyos at sa mga salita ng Diyos ay ang magsaliksik, lumaban, manghusga, maghanap ng isang bagay na puwedeng gamitin laban sa Diyos, at maghanap ng kamalian. Wala silang ginugugol na anumang pagsisikap sa katotohanan sa mga salita ng Diyos, hindi rin sila nagpapasakop dito, ni hindi nila tinatanggap, o isinasagawa ito. Samakatwid, ang diwa ng mga anticristo ay ang diwa ni Satanas at ng masasamang espiritu. Kung paano tratuhin ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos ay ganoon din ang pagtrato nila sa Diyos. Kinakatawan ng mga salita ng Diyos ang Diyos Mismo. Ang lahat ng katotohanang ipinapahayag ng Diyos ay kumakatawan sa Kanyang disposisyon, Kanyang diwa, at higit pa rito, kumakatawan ito sa Kanyang pagkakakilanlan at katayuan. Ang mga salitang ito ay ipinapahayag man ng katawang-tao ng Diyos o ng Espiritu ng Diyos, at anuman ang nilalaman na ipinapahayag Niya, walang duda na kumakatawan ang mga salitang ito sa Diyos. Samakatwid, ang pagsasaliksik at pagsusuri ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos at ang pagkakaroon nila ng mga kuru-kuro tungkol sa mga ito ay katumbas ng pagkakaroon ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos. Sinisiyasat nila ang Diyos. Hindi sila naniniwala sa mga salita ng Diyos at hindi nila tinatanggap ang mga salita ng Diyos, na nangangahulugan na hindi rin sila naniniwala sa pag-iral ng Diyos, at tiyak na hindi sila naniniwala na ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan, at lalong wala silang kakayahang magpasakop sa Diyos. Ito ang diwa ng mga anticristo.

Sinasabi ng ilan: “Ang diyos na nagkatawang-tao ay masyadong hamak at ordinaryo. Madalas na nagkakaroon ako ng mga kuru-kuro dahil sa kanyang mga salita at kilos, at ni hindi naaayon ang mga ito sa mga imahinasyon ko. Nakikita ko na isang ordinaryong tao lamang ang diyos na nagkatawang-tao. Hindi siya kumakatawan sa diyos, kaya gaano man karaming katotohanan ang ipinapahayag niya sa kanyang mga salita at gawain, hindi siya katulad ng diyos.” Saan nagmumula ang mga salitang ito? Ano ang kinakatawan ng mga ito? Hindi ba’t kumakatawan ang mga ito kay Satanas? Sa simula hanggang sa katapusan, hindi kailanman kinilala ni Satanas ang pagkakakilanlan at katayuan ng Diyos. Hindi nito kailanman pinaniwalaan na ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan at tiyak na hindi nito kailanman tinanggap ang mga salita ng Diyos. Kaya naman, kapag nakikipag-usap sa Diyos si Satanas, nais nitong kausapin ang Diyos nang parang kapantay nito ang Diyos. Ang paraan ng pagsasalita nito ay para tuyain at kutyain ang Diyos, para lansihin ang Diyos, at walang puwang ang Diyos sa puso nito. At eksaktong kapareho ng kay Satanas ang mga ginagawa at sinasabi ng mga anticristo. Pareho ang diwa nila, maliban sa hindi nakikita ng sangkatauhan si Satanas, samantalang ang mga anticristo ay nakikita at nahahawakan; sila ay mga Satanas na nakadamit ng balat ng tao. Kung hindi sila mga Satanas, hindi nila magagawa at masasabi ang mga gayong bagay. Madalas na nagsisinungaling si Satanas, at naniniwala ito na mga kasinungalingan din ang mga salita ng Diyos. Madalas na nilalansi ni Satanas ang mga tao at ito ay baliko, mapanlinlang, at buktot, at naniniwala ito na nagsasalita ang Diyos sa parehong paraan. Anuman ang sabihin ng Diyos, palaging may idadagdag ang mga anticristo sa mga salita ng Diyos, ikinakabit ang sarili nilang pakahulugan at gumagawa ng mga di-makatwirang paliwanag. Higit pa rito, iniisip pa nga nila na ang ilang salita ng Diyos ay hindi kasingtalino ng sa kanila, hindi umaabot sa kanilang antas at matataas na pamantayan, at hindi sapat para lupigin ang tiwaling sangkatauhan. Kaya, gusto nilang dalhin sa harap ng ilang tao ang mga paraan, tono, at nilalaman ng mga salita ng Diyos para suriin at husgahan ang mga ito, at higit pa rito, para punahin at kondenahin ang mga ito. Ano ang layon nila sa paggawa nito? Habang sumusunod sa Diyos, inaasam nila na makamit ang kinabukasan at tadhana na nais nila mula sa Diyos na ito, at hinihintay nilang makamit ang hantungang nais nila mula sa Diyos na ito. Kaya bakit kumikilos pa rin sila nang ganito? Hindi ba’t parang sinasampal nila ang sarili nila? Isa lang ang dahilan. Iyon ay, sa mga mata nila, masyadong karaniwan at ordinaryo ang mga salitang sinasabi ng gayong Diyos—masyado ring ordinaryo ang mga kilos Niya. Hindi ang gayong Diyos ang nais nilang igalang, o ang Siyang nasa imahinasyon nila, at hindi nila Siya kaayon. Kung susunod sila sa gayong Diyos, maaaring gumuho lahat ng kanilang hantungan, kinabukasan at tadhana. Kaya naman, masidhi nilang sinusuwat ang gayong Diyos. Hinuhusgahan nila Siya, sinisiraan Siya, at sinusubukan nilang isabotahe, guluhin, at sirain ang gawain Niya, para hindi na Niya magawa ito. Pagkatapos ay matutupad nila ang layon nila. Sinasabi ng ilan: “Kung matutupad ang layon nila, hindi ba’t mawawala ang hantungan nila?” Sadyang hindi kinikilala ng ganitong klase ng tao ang pag-iral ng

Diyos, at hindi rin nila kinikilala ang nagkatawang-taong laman ng Diyos, lalo na ang katunayan ng pagliligtas sa sangkatauhan ng Kanyang gawain ng pamamahala. Pumupusta at nagsusugal lang sila. Kung talagang mapapabagsak ang Diyos na ito, maaari na nilang gawin ang anumang gusto nila, at hindi na nila kakailanganin pang magdusa ng mga gayong paghihirap sa sambahayan ng Diyos. Mapapanatag na silang bumalik sa mundo, sa mga buktot na kalakaran, at sa tinatawag nilang normal na buhay. Hindi na nila kakailanganing magtiis ng anumang sakuna, hindi na nila kakailanganing sumailalim sa anumang uri ng pagpipino, at lalong hindi na nila kakailanganing magtiis sa paghatol at pagkastigo ng mga salita ng Diyos. Mawawala na ang lahat ng ito, at magpapatuloy ang mundo tulad ng dati. Ito ang pinananabikan nila sa kanilang mga pangarap. Hindi ba't masama ang mga taong ito? Ano ang ugat ng pagiging napakasama nila? (Ang diwa nila ay Satanas, kaya kinamumuhian nila ang Diyos.) Sa katunayan, sa kaibuturan ng puso ng mga anticristong ito, ng masasamang demonyong ito, sa espiritu nila, nararamdaman nila ito—alam nila kung ano ang tingin ng Diyos sa mga taong katulad nila. Kinamumuhian ng Diyos ang mga taong katulad nila. Hindi sila kaayon ng Diyos. Kinasusuklaman ng Diyos ang pagkatao at kalikasang diwa nila. Kaya, gaano man sila magsikap at gaano man nila hilinging makatanggap ng mga pagpapala, hindi nakadepende sa kagustuhan nila ang kanilang panghuling resulta. Hindi nila mababago ang alinman sa mga katunayan. Hindi sila kaayon ng Diyos. Hindi sila kaayon ng mga salita ng Diyos. Hindi sila kaayon ni Cristo. Kung gayon, ano ang magiging katapusan nila? Lahat sila ay nakatakdang mamatay. Mayroon silang kaunting pagkaunawa sa resultang ito sa puso nila, kaya bakit nananatili pa rin sila sa sambahayan ng Diyos? Sadyang hindi sila handang bitiwang ang gayong magandang pagkakataon na makatanggap ng mga pagpapala, kaya gusto nilang sumugal, “Kung susugal ako nang ganito, baka makatanggap pa rin ako ng mga pagpapala. Baka makalusot at makaligtas pa rin ako. Baka kung hindi maging maingat ang diyos at hindi magbabantay, makakalusot ako sa pintuan ng kaharian ng langit.” Sa ganitong ilusyon ng mga “baka sakali,” patuloy silang sumasabay lang sa agos sa loob ng sambahayan ng Diyos, pero hindi kailanman nagbabago ang pananaw at saloobin nila tungkol sa Diyos. Hinahamak nila ang mga salita ng Diyos, hinahamak ang katotohanan, at hinahamak ang lahat ng positibong bagay.

Hinihingi ng Diyos sa mga tao na maging matapat. Nang marinig ito ng ilan, iniisip nila: “Hindi ba't masyadong mababa ang pamantayang ito? Ilang taon na kaming nananampalataya sa diyos, bakit niya kami sinasabihan ngayon na ‘maging matapat’? Kung ito ang salita ng diyos, dapat malalim ito, dapat higit na mas matayog ito, higit na mas mahirap unawain, higit na mas hindi abot ng tao. Ang kailangan natin ay mas matataas na hinihinging pamantayan, hindi itong mga ordinaryo, walang kabuluhan, mababang pamantayan na mga hinihingi.” Hindi nauunawaan ng gayong mga tao kung ano ang katotohanang realidad. Kapag naririnig ng mga hindi nakakaunawa sa katotohanan ang pangangaral na ito, nababagabag sila, pero sa pamamagitan ng pagbabahaginan, karanasan, at ilang panahon ng pagdanas dito, napagtatanto nila na ang mga salitang ito

mula sa Diyos ang mga kinakailangan ng mga tao. Bakit ang mga ito ang kailangan ng mga tao? Sukdulang nagawang tiwali ni Satanas ang tao, kaya, walang taong matapat; puno ng kasinungalingan ang mundong ito, at ganito rin ito sa mga nananampalataya sa Diyos. Araw-araw, sunod-sunod ang mga kasinungalingang sinasabi ng mga tao; punong-puno ang pananalita nila ng mga kasinungalingan at panlililang ni Satanas. Kaya, inilatag ng Diyos itong pinakasimple at pinakatuwirang hinihingi sa tao: maging matapat. Sa paglipas ng panahon at sa pamamagitan ng karanasan, nagkakaroon ng pagkaunawa ang mga tao sa mga salita ng Diyos, at ng pagkaarok sa mga hinihingi at mga layunin Niya; sa ilalim ng gabay at patnubay ng mga salita Niya, unti-unti nilang napagtatanto kung gaano kapraktikal ang mga salita Niya, kung paano dapat maunawaan at pasukin ang bawat salita Niya, kung paanong walang salita Niya ang hindi makabuluhan, na ang lahat ng salita Niya ang kinakailangan ng sangkatauhan, kung gaano naaarak ng Diyos ang mga tao nang lubusan at nakikilatis sila, at na nauunawaan Niya nang lubos ang katiwalian nila. Ito ang prosesong pinagdadaanan ng isang ordinaryong tao. Subalit kapag nakikita ng mga anticristo ang pariralang ito kung saan hinihingi ng Diyos na maging matapat ang mga tao, tinitingnan nila ito nang may saloobin ng paghamak, panunuya, pang-uuyam, at maging ng paglaban. Pagkatapos nilang magkaroon ng opinyon tungkol sa pariralang ito, binabalewala na nila ito, tumitindi ang paghamak nila sa Diyos, at mas tumitindi ang pangmamata nila sa Kanya at sa mga salita Niya, hanggang sa puntong ni hindi na nila pinag-aaralan ang salita Niya. Kapag nagsasalaysay ang ilang tao tungkol sa kanilang mga karanasan kung paano nila ibinunyag ang kanilang mapanlinlang na disposisyon, at kung paano sila nagsisi at nagsikap na maging matapat, umuusbong ang paglaban, pagkasuklam, at paghamak sa isipan ng mga anticristong ito. Bukod sa hindi nila tinatanggap ang sinasabi ng mga taong iyon, nakakaramdam din sila ng paglaban at pagkasuklam sa kaalamang batay sa karanasan na pinagbabahaginan ng mga kapatid, hanggang sa puntong nakakaramdam sila ng pagkamuhi at paghamak sa mga taong higit pang nakikipagbahaginan at may mas higit na kaalaman. Iniisip nila, “Mga hangal kayo. Sinasabi ng diyos sa inyo na maging matapat at basta lang ninyong ginagawa ito. Bakit ba napakamasunurin ninyo? Bakit hindi ninyo pinakikinggan ang mga salitang sinasabi ko? Tingnan ninyo ako—wala ni isa sa inyo ang nakakaalam kung ano ang tunay kong kalagayan, walang nakakaalam kung gaano ako kamapanlinlang at katuso. At hindi ko sasabihin sa inyo ang mga bagay na iyon; sa tingin ba ninyo ay karapat-dapat kayo na marinig ang mga iyon?” Ito ang saloobin nila tungkol sa hinihingi ng Diyos; bukod sa tumatanggi silang tanggapin ito, nilalabanan at kinokondena rin nila ito. Hindi ba’t ito ang mga pagpapamalas ng mga hindi mananampalataya? Mga tipikal na hindi mananampalataya ang mga ito. Sa panlabas, hindi nila hayagang kinondena ang salita ng Diyos, hindi nila sinunog sa pugon ang mga aklat ng salita Niya. Sa panlabas, binabasa nila ang salita ng Diyos at nakikinig sila ng mga sermon araw-araw, at nagbabahaginan sila sa mga pagtitipon, pero sa katunayan, umusbong sa kaibuturan ng puso nila ang matinding pagkasuklam, paglaban, at pagtanggig sa salita ng Diyos. Sa madaling salita,

sa mismong sandali na nagkaroon sila ng mga kuru-kuro tungkol sa salita ng Diyos, tinanggihan na nila ito. May ilan na nagsasabi: “Tinanggihan na ba ng mga anticristong iyon ang salita ng Diyos bago pa Niya sinabi ang mga bagay na iyon?” Sa puntong iyon, hindi pa nila ito tinatanggihan. Bakit ganoon? Dahil marami silang kuru-kuro at imahinasyon tungkol sa Diyos, at dahil sa mga ito, pinahalagahan at hinangaan nila Siya, at itinuring Siyang isang dakilang tao. Ngunit nang ipahayag ng Diyos ang mga salita Niya, ganap na nagbago ang pananaw nila tungkol sa Kanya, at sinabi nila: “Sa katunayan, napakaordinaryo ng mga salitang sinasabi ng diyos! Napakasimple ng mga ito, napakatuwiran, at napakadaling unawain: Ako mismo ay kayang magsabi ng mga gayong salita! Hindi ba’t sinasabi ng lahat na dakila ang diyos? Kung gayon, bakit niya sasabihin sa atin na maging matapat? Kung ang diyos ay napakadakila, kung talagang kataas-taasan siya, hindi niya dapat bigyan ang mga tao ng mga napakaliit at napakababang hinihingi!” Nang mabasa nila ang salita ng Diyos, at naramdaman na mababaw ito, at na hindi ito tumutugma sa mga kuru-kuro ng mga tao, o umaayon sa maringal na imahe at pagkakakilanlan ng Diyos, nagkaroon sila ng mga kuru-kuro tungkol sa mga salita ng Diyos. Sa likod ng pagkakaroon nila ng mga kuru-kurong ito, umusbong ang matinding pagkasuklam sa loob nila para sa mga salita ng Diyos, at kasunod nito, tuluyan nang gumuho ang pader na may hawak ng kanilang mga imahinasyon at kuru-kuro tungkol sa Diyos sa kaibuturan ng kanilang puso. Ano ang resulta ng pagguho na ito? Mula sa kaibuturan ng kanilang puso, itinakwil at kinondena nila ang salita ng Diyos. Kaya, ano ang pumapasok sa isipan ng mga anticristo kapag ipinangangaral ng mga tao ang salita ng Diyos? Para silang mga tambay, nagmamasid lang mula sa isang tabi. Kapag may naririnig silang pumupuri sa mga salita ng Diyos o nakikipagbahaginan tungkol sa karanasan sa mga salita ng Diyos, ang mga anticristong ito ay mga tambay lang din, nagmamasid lang mula sa isang tabi, at hindi sila kailanman nagsasabi ng “Amen” sa kaibuturan ng kanilang puso. Minsan, kinukutya pa nga nila ang mga tao, sinasabi nila, “Ano ba ang napala mo sa pagiging matapat? Bagama’t sinusubukan mong maging matapat, hindi tiyak na ililigtas ka ng diyos, at hindi rin tiyak na pagpapalain ka. Napakakaunti lang ng mga taong makakatanggap ng mga pagpapala. Kung wala akong makukuhang anumang pagpapala, dapat wala rin ni isa sa inyo ang makakakuha!” Ang kalikasang diwa ng isang anticristo ay kontra sa salita ng Diyos at sa Diyos Mismo, at dahil dito, hindi kayang tanggapin ng mga anticristo ang salita ng Diyos, at lalong hindi nila kayang magpasakop sa salita ng Diyos. Kung hindi nila tatanggapin ang salita ng Diyos at hindi sila magpapasakop sa salita ng Diyos, makakakuha ba sila ng karanasan dito? Hindi, kung gayon, ano ang personal na kaalamang sinasabi nila? Lahat ito ay mga imahinasyon, hinuha, doktrina, o teorya lamang, o kung minsan pa nga ay magagandang-pakinggan na salita na ginagaya nila mula sa ibang tao, at dahil dito, imposibleng magkaroon sila ng anumang karanasan o kaalaman sa mga salita ng Diyos. Kaya, dahil sa iba’t ibang saloobin na kinikimkim ng mga anticristo tungkol sa Diyos at sa salita Niya, at dahil sa kanilang kalikasang diwa, kahit na 10 taon, 20 taon na silang nananampalataya

sa Diyos, o mas matagal pa, hanggang sa araw na ito, hinding-hindi mo maririnig sa kanila o makikita sa kanila ang anumang karanasan sa salita ng Diyos, at lalong hindi mo makikita ang katiting na kaalaman tungkol sa Diyos. Hindi mo maririnig sa pananalita nila ang tungkol sa pagkakaroon nila ng mga kuru-kuro at maling pagkaunawa sa Diyos, at pagkakaroon ng kaliwanagan sa pamamagitan ng paglalantad ng Diyos sa kanila, at pagdating sa punto sa huli kung saan wala na silang maling pagkaunawa sa Diyos o na hindi na sila nagkikimkim ng mga kuru-kuro tungkol sa Kanya. Wala silang ganitong karanasan, at wala rin silang ganitong kaalaman. Ito ang dahilan kung bakit hindi makamit ng mga anticristo ang katotohanan o kung bakit wala silang anumang masabing personal na karanasan o kaalaman, gaano man sila magsikap sa pag-aaral ng salita ng Diyos. Gumagaya lang sila sa pagbabasa at pagsasaulo ng ilang sikat na sipi mula sa salita ng Diyos na madalas na sinisipi ng mga kapatid; iniraraos lang nila ang mga gawain at sumasabay lang sila sa agos, at pagkatapos, patuloy silang nag-iisip sa paraang katulad pa rin ng dati. Hindi nila nilulutas ang mga kuru-kuro tungkol sa Diyos na nabubuo sa loob nila, o ang mga alitan at problemang lumilitaw sa pagitan nila at ng Diyos, gaano man kalaki ang mga ito. Palagi silang sinusundan ng mga kuru-kuro at problemang ito. Ano ang mga kahihinatnan ng hindi nila paglutas sa mga problemang ito? Palalim nang palalim ang sama ng loob sa puso nila, at palaki nang palaki ang pagkamuhi nila sa Diyos. Kung magpapatuloy sila sa ganitong paraan, ano ang magiging mga kahihinatnan habang tumatagal ang pananampalataya nila sa Diyos? Mahihimok ba sila ng mga naipong sama ng loob at mga kuru-kurong ito na bitiwang kinabukasan, tadhana at intensiyon nila na magkamit ng mga pagpapala? (Hindi.) Kung hindi malulutas ang mga problemang ito, ano ang magiging huling resulta? (Sasabog sila.) Medyo prangka ang salitang “sasabog.” Paano sila sasabog? Ilan ang paraan? (Naaalala ko ang ilang salita ng Diyos na nabasa ko dati, “Kahit na pagkatapos lamang ng isang gabi, maaari silang magbago mula sa isang nakangiti at ‘mabait’ na tao tungo sa isang pangit-tingnan at mabangis na mamamatay-tao” (Ang Salita, Vol. I. Ang Pagpapakita at Gawain ng Diyos. Ang Gawain ng Diyos at ang Pagsasagawa ng Tao).) Ano ang pinagmulan ng pagiging mamamatay-tao nila? Kapag nabigo ang pagnanais nila na makakuha ng mga pagpapala, hindi na sila nagpapanggap, at sinasabi nila, “Hindi ito magiging madali sa sinuman sa atin, kaya hindi ko na kailangang ilihim o itago ito—nananampalataya ako sa diyos para lang makakuha ng mga pagpapala. Kung nalaman ko lang na hindi ako makakakuha ng mga pagpapala, matagal na sana akong umalis!” Sinasabi nila ang lahat ng salitang nasa puso nila at hindi sila natatakot na makondena. Bakit hindi sila natatakot sa pagkondena? Bakit nagagawa nilang iwaksi ang lahat ng pagpapanggap ng pagiging magalang at sumabog? Dahil ayaw na nilang manampalataya at nais na nilang umalis. Maraming taon na nilang tinitis ang kahihyan at paghihirap alang-alang sa mga layon nila, at nagsasagawa sila ayon sa mga estratehiyang ito at ginagamit nila ang mga estratehiyang ito bilang kanilang espirituwal na suporta. Ngayon, kapag nakikita nila na wala nang pag-asang makakuha sila ng mga pagpapala, pakiramdam nila ay mas mabuti pang iwaksi na lang ang lahat

ng pagpapanggap ng pagiging magalang at hayagang sabihin na, “Isa lang akong hindi mananampalataya. Ayaw ko sa mga positibong bagay. Gusto kong hangarin ang mga makamundong bagay at gusto ko ang mga buktot na kalakaran. Sinasabi nila na ang mga salita ng diyos ang katotohanan at na kayang baguhin at iligtas ng mga salita ng diyos ang mga tao. Bakit hindi ko pa nakita iyon? Bakit hindi ko ito maranasan o maramdaman? Ano ang nabago ng salita ng diyos sa mga tao? Sa tingin ko, walang kuwenta ang mga salita ng diyos. Isang bagay lang ang may mga pinakakongkretong pakinabang, at iyon ay na pagpapalain at makakapasok sa kaharian ng langit ang mga sumusunod sa diyos. Totoo ang mga salitang ito. Hindi ako mananampalataya sa diyos kung hindi para sa pagkamit ng mga pagpapala! Nasaan ang diyos? Kung kayang iligtas ng diyos ang mga tao, bakit siya ipinako sa krus? Ni hindi niya mailigtas ang sarili niya!” Sinasabi nila kung ano talaga ang iniisip nila—hindi ba’t nabubunyag dito ang malademyong katangian nila? Sumasabog na mula sa kanila ang mga kuru-kuro at sama ng loob na naipon sa paglipas ng panahon. Sa wakas, ipinapakita na ng mga anticristo ang totoo nilang kulay.

May ilang anticristo na madalas nagsasabi ng mga bagay na tulad ng: “Tinalikuran ko ang pamilya at propesyon ko, nagsikap ako nang husto, at labis na nagdusa sa aking pananampalataya sa diyos, at ano ba ang napala ko rito? Hindi ba’t ang diyos ay isang diyos na nagbibigay ng mga pagpapala sa mga tao? Hindi ba’t ang diyos ay isang diyos na nagbibigay ng mga biyaya sa mga tao? Kaya, ano ba ang napala ko?” Tinustusan ng Diyos ng napakaraming katotohanan ang tao, at napakarami Niyang ibinigay nang walang hinihinging kapalit; bagama’t lubos na kumontra at naghihimagsik ang mga tao laban sa Diyos, hindi Niya ito tinatandaan, at pumaparito pa rin Siya para iligtas ang tao. Hindi nakikita ng mga anticristo kung gaano karami ang nakuha ng tao mula sa Diyos. Ano ba talaga ang ibig nilang sabihin kapag sinasabi nilang, “Ano ba ang napala ko?” (Mga pagpapala.) Gusto ng mga anticristo ang lahat. Kaya nilang isuko ang lahat para manampalataya at sumunod sa Diyos, at iniisip nila na, sa paggawa nito, magkakaroon sila ng pagkakataon na magtagumpay, at magiging sulit ang lahat ng ginawa nila. Isinusuko nila ang mundo at ang kinabukasan nila, at sa hinaharap, nais nilang mapasakanila ang buong mundo. Ang nais nila bilang kapalit ay dapat mas mahalaga kaysa sa mga bagay na isinuko nila. Dapat mas mahalaga ito kaysa sa mga bagay na iyon at dapat makapagbibigay ito sa kanila ng mas malalaking pakinabang, saka lamang sila makikipagpalitan. Sa tingin ba ninyo ay sinasabi ng mga anticristo ang mga salitang ito sa sandali na galit sila habang sumasabog sila? (Hindi.) Tiyak na matagal nilang kinikimkim ang mga salitang ito bago tuluyang sumabog ang mga ito. Pagkatapos nito, nalantad na ang lahat ng iniisip at hinahangad ng mga anticristo sa mga nakalipas na taon, at natanggal na ang kanilang mga maskara. Ano ang pangunahing punto ng sinasabi nila? “Nanampalataya ako sa diyos at sinunod ko siya sa loob ng maraming taon, at ano ang napala ko?” Hindi ang katotohanan ang nais nilang makamit. Ayaw nila sa katotohanan. Ayaw nila ng buhay, ayaw nila ng pagbabago sa disposisyon, ayaw nila sa pagliligtas

ng Diyos. Iniisip nilang sila ay mga perpektong tao at ayaw nilang makamit ang mga bagay na ito. Nais nilang magkamit ng dagdag na bagay, ng ilang mas malaking pagpapala kaysa sa mga maaaring makuha sa mundong ito. Ibig sabihin, gusto nilang ipagpalit ang mga bagay sa mundo na isinuko nila para sa mga pagpapalang ipinangako ng Diyos. Nais nilang matanggap ang pinakamalaking pagpapala mula sa Diyos. Kapag nakikita nilang hindi nila makakamit ang mga pagnanais nila, at wala na talagang pag-asa, dapat na silang sumuko. Pero kapag dumating na ang oras na gawin iyon, kung isasaalang-alang ang disposisyon nila, magagawa ba nilang tumigil doon? Hindi. May mga pamilya kung saan lahat ay mananampalataya, at may lumilitaw na mga anticristo sa kanila. Kapag nakita ng mga anticristong ito na hindi sila makakatanggap ng mga pagpapala, sinisimulan nilang guluhin ang mga pamilya nila para pigilan ang mga ito na manampalataya. Pamilya pa ba ang mga ito? Magkalapit na pamilya sila pagdating sa pisikal na ugnayan o ugnayan sa dugo. Pero kung titingnan natin ang landas na sinusunod ng bawat miyembro, bagama't lahat sila ay mahigit 10 taon nang nananampalataya sa Diyos, nabubunyag ang ilan bilang mga anticristo, ang ilan naman ay naghahangad sa katotohanan at ginagawa nila nang maayos ang kanilang mga tungkulin, at ang iba ay katamtaman lang na naghahangad sa katotohanan—kaya, nabubunyag ang kanilang kalikasang diwa. Siyempre, ang pinakamasama sa kanila ay ang mga anticristo, na dapat itakwil ng tao at patalsikin ng sambahayan ng Diyos. Kung gayon, pamilya ba ang mga ito? Ganito ba ang tunay na mga pamilya? Ni hindi sila parehong uri ng mga tao! Ang ilang tao ay nakapamuhay kasama ang mga diyablo sa loob ng maraming taon at itinuturing pa rin nila bilang kapamilya ang mga diyablong ito. Hindi nila kayang talikuran ang mga ito at hangal pa ngang pinaniniwalaan na ang mga ito ay mga mahal nila sa buhay. Anong klaseng mga mahal sa buhay ang mga ito? Pagkatapos ipakita ng mga anticristo ang sarili nila, nakikisangkot sila sa lahat ng klase ng kasamaan. Maaari pa ngang usigin nila ang mga tunay na mananampalataya sa pamilya nila. Ang mas masahol pa, maaari pa ngang isuko nila ang mga kapamilya nila sa mga buktot na gobyerno. Ipinagkakanulo ng ilang magulang ang mga anak nila, at ipinagkakanulo ng ilang anak ang mga magulang nila. Gaano man kalapit o kamagiliw ang relasyon nila sa isa't isa, walang hindi gagawin ang mga anticristo. Dahil kayang ipagkanulo at usigin ng mga anticristo ang mga tunay na mananampalataya sa pamilya nila, hindi ba't ibig sabihin nito ay mga kaaway sila? (Oo.) Ang paglitaw ng isa o dalawang anticristo sa iglesia ay nangangahulugan ng panganib para sa mga kapatid. Sa sandaling makita ng mga anticristo na hindi sila makakatanggap ng mga pagpapala, susuko na sila, hindi na sila mag-iingat, hindi na magpapanggap, at sisimulan nilang isipin na guluhin ang ibang mga kapatid. Ang ilang kapatid ay mahina, may maliit na tayog, at hindi nakakaunawa sa katotohanan. Ipinapakita ng mga anticristo sa mga kapatid na ito ang ilang walang batayang tsismis sa internet, at pagkatapos ay pinalalala nila ang mga ito gamit ang kanilang mga eksaheradong paliwanag, sa gayon ay nagugulo at nalilihis nila ang mga kapatid na iyon, at sa huli ay nasisira nila ang mga ito. Siyempre, may pagkilatis naman

ang ilang kapatid at agad nilang natutukoy ang mga anticristo. Kung lantaran nilang haharapin ang mga anticristo, magdudulot ito ng problema, kaya sapat na kung makakahanap sila ng matalinong paraan para ibukod ang mga ito para hindi makagulo o makapandamay ng iba ang mga ito. Dapat maging matalino ang mga tao kapag pinapakitunguhan ang mga Satanas.

Nananampalataya at sumusunod sa Diyos ang mga anticristo alang-alang sa kinabukasan at tadhana nila. Kumakapit sila sa pagnanais nila para sa mga pagpapala at binibitbit nila ang kanilang mga ambisyon kapag pumapasok sila sa sambahayan ng Diyos, at binabasa, tinatanggap, at ipinangangaral nila ang salita ng Diyos. Nakikipagkompromiso sila, nagtitiis ng kahihiyan, at nagtitiis ng iba't ibang uri ng paghihirap sa sambahayan ng Diyos alang-alang sa kinabukasan at tadhana nila. At pagkatapos ng maraming taon ng paghihintay at panonood, kapag nabigo ang kanilang mga pag-asa, aalis din sila sa iglesia at sa sambahayan ng Diyos dahil sa kinabukasan at tadhana nila, dahil hindi matutupad ang pagnanais at intensiyon nila na magkamit ng mga pagpapala. Ano ang kalalabasan ng mga gayong tao? Ititiwalag sila. At bakit sila ititiwalag? Pinagpapasyahan ba ng Diyos na huwag silang iligtas mula sa sandaling pumasok sila sa sambahayan Niya, o dahil may sarili silang mga problema? (May sarili silang mga problema.) Kapag pumapasok ang mga anticristo sa sambahayan ng Diyos, sila ay parang mga damong nakahalo sa gitna ng trigo. Sinasabi ng ilang tao, "Pero hindi ba ito alam ng Diyos?" Alam ng Diyos ang tungkol dito; sinisiyasat ng Diyos ang lahat ng ito. Hindi magbabago ang mga ganitong tao. Kahit nabasa na nila ang lahat ng salita ng Diyos, kahit nabasa na nila ang mga misteryo, ang hantungan ng tao, at ang iba't ibang tiwaling disposisyon ng tao na naibunyag ng Diyos, at ang iba pang mga salita, wala itong silbi, dahil hindi nila tinatanggap ang katotohanan. Ang mga salitang sinasabi ng Diyos ay nakatuon sa buong sangkatauhan. Ang mga ito ay hindi itinatago sa sinuman, at ibinibigay ang mga ito nang pantay-pantay sa lahat. Maaaring basahin at pakinggan ng lahat ang mga salita ng Diyos, pero sa huli, hindi kailanman makakamit ng mga anticristo ang mga ito, sapagkat sila ay mga anticristo, diyablo, at Satanas. Hindi nagbago si Satanas matapos ang napakaraming taon sa tabi ng Diyos, kaya, hindi ba't ganoon din ang mangyayari sa mga anticristo? Kahit araw-araw mong ipabasa sa kanila ang salita ng Diyos, hindi nila ito makakamit, sapagkat mga anticristo sila, at mayroon silang diwa ng isang anticristo. Hindi posibleng mahimok ang mga anticristo na isuko ang kanilang sariling mga interes o ang kanilang kinabukasan at tadhana. Para itong pagpapaakyat ng isang baboy sa puno. Imposible ito. Gusto ng mga anticristo na makakita ng mga agarang pakinabang, at gusto rin nilang makakita ng mga pangwalang hanggan na pakinabang sa hinaharap. Kung hindi nila makakamit o matutugunan ang isa sa mga bagay na ito, agad silang magiging mapanlaban, at maaaring umalis sila anumang oras. Sinusuri ng mga anticristo ang mga nakatagong kahulugan sa likod ng mga salita ng Diyos, pinakikinggan nila ang tono at pagkakabigkas ng mga ito, sinusubukan nilang hulaan ang kahulugan at intensiyon ng mga salita Niya, para masukat nila ang iba't ibang

pakinabang na kanilang pinahahalagahan at nais na makuha. Posible bang maunawaan nila ang katotohanan kapag hinaharap nila ang salita ng Diyos nang may ganitong saloobin? (Hindi.) Kung gayon, ano't anuman, ang mga anticristo ay kontra sa Diyos at mga mortal na kaaway ng Diyos at ng Kanyang salita. Sinasabi ng ilang tao: "Talagang mabuti noon si Ganito-at-ganyan. Bakit ganito na siya kumikilos ngayon? Matapos maibahagi sa kanya ang salita ng Diyos, sinabi niya na naunawaan niya ito at nangako siyang magsikap na gawin ang kanyang mga tungkulin, kaya bakit hindi niya kayang magbago?" Sasabihin Ko sa iyo ang totoo. Hindi lang sa hindi niya kayang magbago ngayon—hindi rin niya magagawang magbago sa hinaharap. Bakit ganito? Dahil wala siyang intensiyon na magbago. Isipin mo: Kung hindi makakahanap ang isang lobo ng makakaing tupa, kapag gutom na gutom na ito, minsan ay kakain na lang ito ng ilang subo ng damo at iinom ng tubig para maibsan ang gutom nito. Pero ibig bang sabihin nito ay nagbago na ang kalikasan ng lobo? (Hindi.) Kung gayon, kapag hindi gumagawa ng anumang kasamaan ang mga anticristo at pansamantala silang nagpapakita ng ilang mabuting pag-uugali, hindi ibig sabihin nito na nagbago na sila o na tinanggap na nila ang katotohanan. Sa sandaling lubha silang mapungusan sa paraan na nakakaapekto sa kapangyarihan at katayuan nila, at makita nila na wala silang pag-asa—na tiyak na matitiwalag sila—agad silang magiging negatibo, at bibitiwan nila ang kanilang gawain, at lilitaw ang orihinal at tunay nilang kulay. Sino ang makapagbabago sa mga ganitong tao? Walang plano ang Diyos na iligtas sila, ginagamit lang Niya ang mga katunayan para ibunyag at itiwag sila. Kaya, dapat makilatis at itakwil ng lahat ang mga alipin na ito ni Satanas.

Ang pagkilatis sa mga anticristo ay katulad ng pagkilatis sa masasamang tao at kay Satanas, at ang paghihimay sa mga anticristo ay katulad ng paghihimay sa hindi nakikitang Satanas at mga diyablo. Ang mga anticristong hinihimay natin ngayon ay nakikita ng tao. Makikita mo ang ginagawa nila at maririnig mo ang sinasabi nila; makikita mo ang lahat ng pagpapamalas nila at malalaman mo ang mga intensiyon nila. Hindi mo makikita o mahahawakan si Satanas o ang mga diyablo sa espirituwal na mundo, kaya mananatili lang silang isang konsepto at titulo para sa iyo. Pero naiiba ang mga anticristo na hinihimay natin ngayon. Ang mga ito ay mga buhay na diyablo at Satanas. Sila ay mga diyablo at Satanas na nahahawakan, may laman at dugo. Kinokontra at itinatakwil ng mga diyablo at Satanas na ito ang Diyos sa espirituwal na mundo, at tutol sila sa bawat salitang sinasabi ng Diyos. Kapag pumupunta sila sa iglesia, ginagawa pa rin nila ang mga bagay na ito. Kinokontra, tinututulan, at itinatakwil pa rin nila ang mga salita ng Diyos katulad ng dati. Kadalasan, hinahamak pa nga nila ang mga salita ng Diyos. Hangga't nagmumula ito sa bibig ng Diyos, nagdudulot ng maraming katanungan sa puso nila ang kahit napakaliit na bagay. Sasaliksikin, susuriin, at ipoproceso nila ito gamit ang isipan nila. Samakatwid, para sa mga anticristo, hindi ang mga salita ng Diyos ang layon ng pananampalataya nila. Hindi sila kailanman mananampalataya sa mga salita ng Diyos. Kahit gaano pa kapraktikal, katotoo, o katapat ang mga salita ng

Diyos, hindi sila maniniwala sa mga ito. Kaya, batay sa mga puntong ito, hindi ba't mga kaaway ng Diyos ang mga anticristo? Hindi ba't mapanlaban sa katotohanan ang kalikasan nila? Ang mga ganitong uri ng tao ay ipinanganak na mga kaaway ng Diyos, sila ay ipinanganak na tutol sa katotohanan. Hindi nila kailanman ituturing o panghahawakan ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan. Dahil sa diwa nila, sa iba't ibang pagpapamalas nila sa Diyos, at sa iba't ibang saloobin nila sa mga salita ng Diyos, sa huli ay kinokondena ng mga salita ng Diyos at itinataboy ng Diyos ang mga ganitong uri ng tao. Kaya, makakamit ba nila ang pinakamalaking pakinabang na hinahangad nila—ang kinabukasan at tadhana nila? Hinding-hindi. Samakatwid, kanino ba sinasabi ng Diyos ang mga pangako at pagpapala na ibibigay Niya sa sangkatauhan, at ang hantungan na inihanda Niya para sa sangkatauhan? Mayroon bang anumang parte ang mga anticristo sa mga bagay na ito? (Wala.) Ang kahanga-hangang hantungan na sinabi at ipinangako ng Diyos sa sangkatauhan ay ibinibigay sa mga nilalayong iligtas ng Diyos, sa mga taong nananampalataya sa mga salita ng Diyos at tumatanggap sa mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan. Hindi ito ibinibigay sa mga anticristong kumontra sa Diyos at tumatrato sa mga salita ng Diyos bilang mga kasinungalingan ng isang manloloko.

Abril 11, 2020

**Ikasiyam na Aytem: Ginagawa Nila ang Kanilang
Tungkulin Para Lang Maging Tanyag Sila at
Maisakatuparan ang Kanilang Sariling mga Interes
at Ambisyon; Hindi Nila Kailanman Isinasaalang-alang
ang mga Interes ng Sambahayan ng Diyos,
at Ipinagkakanulo Pa nga ang mga Interes na Iyon,
Ipinagpapalit ang mga Iyon Para sa Kanilang
Personal na Kaluwalhatian (Ikapitong Bahagi)**

II. Ang mga Interes ng mga Anticristo

D. Ang Kanilang mga Kinabukasan at Tadhana

Noong nakaraan, nagbahaginan tayo tungkol sa ikaapat na aytem ng mga interes ng mga anticristo: ang kanilang kinabukasan at tadhana, na nahahati sa limang karagdagang aytem. Una, balikan ang limang aytem na ito. (1. Kung paano tinatrato ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos; 2. Kung paano tinatrato ng mga anticristo ang kanilang tungkulin; 3. Kung paano tinatrato ng mga anticristo ang pagkakapungos; 4. Kung paano tinatrato ng mga anticristo ang titulong “tagapagserbisyo”; 5. Kung paano hinaharap ng mga anticristo ang katayuan nila sa iglesia.) Noong nakaraan, nagbahaginan tayo sa nauna sa mga aytem na ito, “Kung paano tinatrato ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos.” Una, ginamit natin ang salitang “pag-aaral” para ilantad ang isa sa mga pangunahing saloobin ng mga anticristo sa pagtrato nila sa mga salita ng Diyos. Ang “pag-aaral” ay isang pangunahin at pundamental na saloobin ng mga taong gaya ng mga anticristo sa pagtrato nila sa mga salita ng Diyos. Hindi talaga nila tinatrato ang mga salita ng Diyos nang may saloobin ng pagtanggap o pagpapasakop, at sa halip ay sinisiyasat nila ang mga ito. Talagang hindi nila tinatanggap o itinuturing ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan o bilang ang daan na dapat sundan ng mga tao, at hindi nila tinatrato ang mga salita ng Diyos nang may saloobin ng paghahanap o pagtanggap sa katotohanan. Sa halip, ang layon nila sa lahat ng bagay ay ang sarili nilang mga pagnanais at ambisyon, ang sarili nilang kinabukasan at tadhana, at naghahanap sila sa mga salita ng Diyos ng mga hantungan, kinabukasan at tadhana na gusto nila. Isa sa pangunahing saloobin nila sa pagtrato sa mga salita ng Diyos ay ang pag-uugnay nila sa mga salita ng Diyos sa sarili nilang kinabukasan at tadhana sa bawat bagay. Batay sa saloobin nila sa pagtrato sa mga salita ng Diyos, ang kalikasang diwa ng ganitong uri ng tao ay na hindi sila tunay na nananampalataya, tumatanggap, o nagpapasakop sa mga salita ng Diyos, bagkus ay sinisiyasat at sinusuri nila ang mga ito, naghahanap sila ng mga pagpapala at mga pakinabang sa loob ng mga ito para magkamit sila ng malaking kalamangan. Batay sa saloobin nila sa pagtrato sa mga salita ng Diyos, gaano sila nananampalataya sa Diyos? Mayroon ba silang tunay na pananalig sa Kanya? Batay sa diwa nila, wala silang tunay

na pananalig sa Diyos. Kaya bakit kaya pa rin nilang panghawakan ang mga salita ng Diyos at basahin ang mga ito? Batay sa kalikasang diwa, mga intensiyon, at mga pagnanais nila, ayaw nilang makamit ang katotohanan at ang landas ng pagbabago sa disposisyon nila mula sa mga salita ng Diyos, nang sa gayon ay matamo nila ang kaligtasan. Sa halip, gusto nilang hanapin sa mga salita ng Diyos ang lahat ng bagay na gusto nila. Ano ang hinahanap nila? Hinahanap nila ang mga misteryo, ang mga lihim na tanging Langit ang nakakaalam, at ilang matayog na doktrina at malalim na kaalaman. Samakatwid, batay sa saloobin ng ganitong uri ng tao sa pagtrato nila sa mga salita ng Diyos at sa kalikasang diwa nila, sila ay mga ganap na hindi mananampalataya. Ang nais nila ay wala nang iba kundi isang magandang hantungan, magandang kinabukasan, at magandang tadhana. Hindi nila taos-pusong tinatanggap ang mga salita ng Diyos, sa halip, sinusubukan nilang maghanap ng iba't ibang pagkakataon at paraan sa loob ng mga salita Niya para makuha ang mga bagay na gusto nila, at para matugunan ang mga pagnanais at ambisyon nila na magkamit ng mga pagpapala. Kaya, hindang-hindi tatratuhin ng ganitong uri ng tao ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan o bilang ang daan na dapat nilang sundin. Kung may gayong saloobin ang pagtrato ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos, ano naman ang saloobin nila sa isa sa mga pinakapangunahing hinihingi sa sangkatauhan sa mga salita ng Diyos—ang paggampan sa tungkulin nila bilang mga nilikha? Ngayon, magbabahaginan tayo tungkol sa pangalawang aytem—kung paano tinatrato ng mga anticristo ang kanilang tungkulin—at ilalantad natin kung ano ang mga pagpapamalas at saloobin ng mga anticristo kapag ginagawa nila ang tungkulin nila.

2. Kung Paano Tinatrato ng mga Anticristo ang Kanilang Tungkulin

Hindi tinatrato ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos nang may saloobin ng pagtanggap at pagpapasakop, kaya, siyempre ay hindi nila magawang tratuhin ang hinihingi sa Kanyang mga salita na gampanan ng sangkatauhan ang kanilang tungkulin bilang mga nilikha na may saloobin ng pagtanggap sa katotohanan. Kaya, sa isang banda, lumalaban sila sa tungkuling ipinagkatiwala ng Diyos sa tao at ayaw nilang gawin ang tungkulin nila, at sa kabilang banda, natatakot silang mawalan ng pagkakataon na magkamit ng mga pagpapala. Dahil dito, nagkakaroon ng isang uri ng transaksyon. Anong transaksyon iyon? Natutuklasan nila mula sa mga salita ng Diyos na kung hindi gagawin ng mga tao ang mga tungkulin nila, puwede silang matiwalag, na kung hindi nila gagawin ang mga tungkulin nila bilang mga nilikha, hindi sila magkakaroon ng pagkakataon na makamit ang katotohanan, at na kung hindi nila gagawin ang mga tungkulin nila bilang mga nilikha, puwede silang mawalan ng mga pagpapala sa kaharian ng langit sa hinaharap. Ano ang ipinapahiwatig nito? Ipinapahiwatig nito na kung hindi gagawin ng isang tao ang tungkulin niya, tiyak na mawawalan siya ng pagkakataon na magkamit ng mga pagpapala. Matapos magtamo ang mga anticristo ng gayong impormasyon mula sa mga salita ng Diyos at mula sa maraming pagbabahaginan at

sermon, nagkakaroon sila ng pagnanais at interes sa kaibuturan ng puso nila na gawin ang tungkulin nila bilang mga nilikha. Ang pagkakaroon ba ng gayong pagnanais at interes ay nagpapakita na kaya nilang taos-pusong gugulin ang sarili nila para sa Diyos at taos-pusong gawin ang tungkulin nila? Batay sa kalikasang diwa ng mga anticristo, napakahirap marating ang puntong ito. Kung gayon, ano ang nagtutulak na gawin nila ang kanilang tungkulin? Dapat ay may talaan nito sa puso ng bawat isa, at dapat ay may ilang partikular na kuwento sa loob ng talaang ito. Kung gayon, ano ang mga nilalaman ng talaang ito sa puso ng isang anticristo? Gumagawa sila ng mga napakadetalyado, tumpak, tiyak, at masusing kalkulasyon, kaya, hindi ito isang magulong talaan. Kapag nagpasya silang gawin ang kanilang tungkulin, kinakalkula muna nila: “Kung gagawin ko ang aking tungkulin ngayon, kakailanganin kong talikuran ang kasiyahan na makasama ang pamilya ko, at kakailanganin kong talikuran ang aking propesyon at ang aking makamundong kinabukasan. Kung iiwan ko ang mga bagay na ito para gawin ang aking tungkulin, ano ang makakamit ko? Sinasabi ng mga salita ng diyos na, sa huling kapanahunang ito, ang mga nakakatagpo sa diyos, na nakakagampan ng kanilang tungkulin sa sambahayan ng diyos, at nakapananatili hanggang sa huli ay ang mga nakakapagkamit ng mga dakilang pagpapala. Dahil iyon ang mga sinasabi ng mga salita ng diyos, sa palagay ko ay magagawa at maisasakatuparan ito ng diyos ayon sa mga salitang ito. Bukod pa rito, maraming ipinapangako ang diyos sa mga taong ito na nakakagawa ng kanilang tungkulin at kayang gumugol ng kanilang sarili para sa kanya!” Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga salita ng Diyos, ipinapakahulugan nila ang maraming pangako ng Diyos sa huling kapanahunan sa mga taong gumagawa ng kanilang tungkulin, at ito, dagdag pa sa kanilang mga personal na imahinasyon at lahat ng kuru-kurong nilikha ng kanilang sariling pagsusuri at pagsisiyasat sa mga salitang ito ay lumilikha ng malalim na interes at udyok sa paggawa ng kanilang tungkulin. Pagkatapos, nananalangin sila sa harap ng Diyos, nangangako at nanunumpa nang taimtim, itinatatag ang determinasyon na talikuran at igugol ang lahat para sa Diyos, na ialay ang buhay na ito sa Kanya at bitiwang ang lahat ng kasiyahan at kinabukasan ng laman. Bagama’t nananalangin sila sa ganitong paraan at tila tama ang kanilang mga salita, ang iniisip nila sa kaibuturan ay sila lang ang nakakaalam at ang Diyos. Tila dalisay ang kanilang mga panalangin at ang kanilang determinasyon, tila ginagawa lang nila ito para tuparin ang atas ng Diyos, upang gawin ang kanilang tungkulin at tugunan ang mga layunin ng Diyos, pero sa kaibuturan ng kanilang puso, kinakalkula nila kung paano nila makakamtan ang mga pagpapala at matatamo ang mga bagay na nais nila sa pamamagitan ng paggawa ng kanilang tungkulin, at kung ano ang maaari nilang gawin para makita ng Diyos ang lahat ng ibinayad nila at upang lubos Siyang mapahanga sa kanilang ibinayad at sa kanilang nagawa, upang tandaan Niya ang kanilang nagawa at sa huli ay pagkalooban sila ng kinabukasan at mga pagpapala na nais nila. Bago magpasyang gawin ang kanilang tungkulin, sa kaibuturan ng kanilang puso, punong-puno ang mga anticristo ng mga ekspektasyon tungkol sa kanilang kinabukasan, pagtatamo

ng mga pagpapala, magandang hantungan, at maging ng isang korona, at mayroon silang napakalaking kumpiyansa na matamo ang mga bagay na ito. Pumapasok sila sa sambahayan ng Diyos para gawin ang kanilang tungkulin nang may gayong mga intensyon at adhikain. Kaya, nakapaloob ba sa paggampan nila ng tungkulin ang sinseridad, tunay na pananalig at katapatan na hinihingi ng Diyos? Sa puntong ito, hindi pa makikita sa kanila ang tunay nilang katapatan, pananalig, o sinseridad, dahil nagkikimkim ang lahat ng isang ganap na transaksiyonal na pag-iisip bago nila gawin ang kanilang mga tungkulin; lahat ay nagdedesisyon na gawin ang kanilang tungkulin batay sa kanilang mga interes, at batay rin sa paunang kondisyon ng kanilang nag-uumapaw na mga ambisyon at pagnanais. Ano ang intensyon ng mga anticristo sa paggawa sa kanilang tungkulin? Ito ay upang makipagkasunduan, para makipagpalitan. Masasabi na ito ang mga kondisyon na itinatakda nila para sa paggawa ng tungkulin: “Kung gagawin ko ang aking tungkulin, dapat akong magtamo ng mga pagpapala at magkaroon ng magandang hantungan. Dapat kong makamit ang lahat ng pagpapala at pakinabang na sinabi ng diyos na inihanda para sa sangkatauhan. Kung hindi ko makakamit ang mga ito, hindi ko gagawin ang tungkuling ito.” Pumapasok sila sa sambahayan ng Diyos para gawin ang kanilang tungkulin nang may mga gayong intensyon, ambisyon, at pagnanais. Tila mayroon silang kaunting sinseridad, at siyempre, para sa mga bagong mananampalataya at sa mga kakasimula pa lang na gawin ang kanilang tungkulin, maaari din itong tawagin na kasigasigan. Ngunit walang tunay na pananalig o katapatan dito; mayroon lamang antas ng kasigasigan. Hindi ito matatawag na sinseridad. Kung pagbabatayan ang saloobing ito ng mga anticristo sa paggawa sa kanilang tungkulin, ito ay ganap na transaksiyonal at puno ng kanilang mga pagnanais sa mga pakinabang tulad ng pagtatamo ng mga pagpapala, pagpasok sa kaharian ng langit, pagkakamit ng korona, at pagtanggap ng mga gantimpala. Kaya, sa panlabas, bago mapatalsik, mukhang maraming anticristo ang gumagawa ng tungkulin nila at mas marami na nga silang tinalikuran at pinagdusahan kaysa sa karaniwang tao. Ang iginugugol nila at ang halagang ibinabayad nila ay kapantay ng kay Pablo, at hindi rin masasabi na hindi sila gaanong nagpaparoo’t parito kumpara kay Pablo. Isa itong bagay na nakikita ng lahat. Sa usapin ng pag-uugali nila at ng determinasyon nilang magdusa at magbayad ng halaga, nararapat na may makuha sila. Gayumpaman, hindi tinatrato ng Diyos ang isang tao batay sa panlabas niyang pag-uugali, kundi batay sa diwa niya, sa disposisyon niya, sa kung ano ang ibinubunyag niya, at sa kalikasan at diwa ng bawat bagay na ginagawa niya. Kapag hinuhusgahan at tinatrato ng mga tao ang iba, tinutukoy nila kung sino ang mga tao batay lamang sa panlabas na kilos ng mga ito, kung gaano nagdurusa ang mga ito, at kung anong halaga ang ibinabayad ng mga ito, at isa itong mabigat na pagkakamali.

Ang saloobin ng mga anticristo sa pagtrato sa tungkulin nila ay ganito na mula pa noong simula. Pumupunta sila sa sambahayan ng Diyos para gawin ang tungkulin nila nang may mga ambisyon, pagnanais, at mga transaksyon. Ito ang kinakalkula at pinaplano nila sa kaibuturan ng puso nila bago gawin ang kanilang tungkulin. Ano ang plano nila? Ano ang

pinakapunto at sentro ng mga kalkulasyon nila? Naglalayon silang magkamit ng mga pagpapala, magkaroon ng magandang hantungan, at naglalayon pa nga ang ilan na makaiwas sa sakuna. Ito ang mga intensiyon nila. Paulit-ulit nilang sinisiyasat ang mga salita ng Diyos, pero kahit anong pagsisikap nila, hindi nila makita na ang mga salita ng Diyos ay pawang katotohanan, na nasa mga salita ng Diyos ang landas ng pagsasagawa, at na kayang tulutan ng mga salita ng Diyos ang mga tao na malinis, magtamo ng pagbabago sa disposisyon, at magkamit ng kaligtasan. Hindi nila makita ang mga bagay na ito gaano man nila sikaping tingnan. Gaano man nila basahin ang mga salita ng Diyos, ang pinaka-inaalala at pinahahalagahan nila ay walang iba kundi ang mga pagpapala at pangakong ipinagkakaloob ng Diyos sa mga tumatalikod, gumugugol, nagtitiis ng paghihirap, at nagbabayad ng halaga para sa Kanya. Kapag natuklasan nila sa mga salita ng Diyos ang pinaniniwalaan nilang pinakasentro at pinakamahalagang nilalaman, para bang nakahanap sila ng pag-asa sa buhay. Pakiramdam nila na tila magkakamit sila ng malalaking pagpapala, at iniisip nila na sila ang mga pinakapinagpala at pinakamapalad na tao sa kapanahunang ito. Kaya naman, nagagalak sila sa kaibuturan ng puso nila: “Nagkaroon ako ng magandang pagkakataon sa buhay na ito; walang sinuman sa mga apostol at propeta sa lahat ng nakaraang kapanahunan ang nakatagpo kay cristo ng mga huling araw. Ngayon, sumusunod ako kay cristo ng mga huling araw, kaya hindi ko puwedeng palampasin ang pagkakataong ito na magkamit ng malalaking pagpapala. Isa itong pagkakataon para magantimpalaan at makakuha ng korona! Hindi magkakaroong ganitong magandang tadhana ang mga walang pananampalataya, at gaano man nila natatamasa ang buhay na ito o gaano man kataas ang katayuan nila, malilipol silang lahat pagdating ng malalaking kalamidad. Kaya, dapat kong bitiwang ang mga kasiyahan ng laman sa mundo, dahil gaano ko man natatamasa ang mga bagay na ito, pansamantala at panandalian lamang ang mga ito. Tutuon ako sa hinaharap at magkakamit ako ng mas malalaking pagpapala at gantimpala, at ng mas malaking korona!” At kaya naman, sa puso nila, binabalaan nila ang sarili nila: “Sa paggawa ng tungkulin ko, gaano man ako magdusa o gaano man ako magparoo’t parito, makulong man ako o mapahirapan, at kahit ano pang mga paghihirap ang maranasan ko, kailangan kong magpursige, magpursige, at higit pang magpursige! Hindi ako puwedeng panghinaan ng loob, kailangan kong tiisin ang lahat ng kahihyan at dalhin ang isang mabigat na pasanin, at magpursige hanggang sa huling sandali. Naniniwala ako na ang sinabi ng diyos na, ‘Ang sumusunod hanggang sa katapusan ay tiyak na maliligtas,’ ay nakatakdang matupad para sa akin.” Mayroon bang alinman sa mga ideya at opinyon na iniisip at pinaniniwalaan nila sa puso nila ang naaayon sa katotohanan? (Wala.) Wala sa mga ito ang naaayon sa katotohanan, at wala sa mga ito ang alinsunod sa mga salita ng Diyos o sa mga layunin ng Diyos—pawang mga kalkulasyon at plano para sa personal nilang kinabukasan at tadhana. Sa kaibuturan ng puso nila, wala silang interes sa anumang hinihingi sa sangkatauhan na binanggit sa mga salita ng Diyos; hindi nila pinapansin ang mga ito. Sa kaibuturan ng puso nila, nasusuklam at mapanlaban sila sa paglalantad ng

sangkatauhan at sa mga hinihingi ng mga salita ng Diyos sa kanila, at nagkakaroon pa nga sila ng mga kuru-kuro, kaya kapag nakikita nila ang mga salitang ito, nagiging mapanlaban sila sa mga ito at naaasiwa sila, at pagkatapos ay nilalaktawan lamang nila ang mga ito nang hindi binabasa. Pagdating sa mga panghihikayat, pagpapagaan ng loob, paalala, awa, at simpatiya para sa sangkatauhan sa mga salita ng Diyos, nagpapakita sila ng pagkayamot at ayaw nilang tumanggap at makinig, naniniwala sila na huwad ang mga salitang ito. Sa puso nila, nasusuklam at mapanlaban sila sa mga salita ng Diyos ng paghatol at pagkastigo at sa Kanyang gawain ng mga pagsubok sa mga tao, at ayaw nilang tanggapin ang mga ito, at iniwasan nila ang mga ito. Sa halip, lubos lamang silang interesado sa mga salita tungkol sa mga pangako o pagpapala ng Diyos para sa sangkatauhan, at madalas pa nga nilang binabasa ang mga ito para matugunan ang sabik na pagnanais ng puso nila na magkamit ng mga pagpapala, sabik silang madala kaagad paitaas tungo sa kaharian ng langit at mapalaya sa lahat ng pagdurusa. Kapag hindi na nila kayang magpursige sa paggawa ng tungkulin nila, at nagkaroon sila ng mga pagdududa tungkol sa kung magkakamit ba sila ng mga pagpapala, at natitinag ang “pananalig” nila, o kapag hindi matatag ang determinasyon nila at gusto nilang umurong, binabasa nila ang mga salitang ito at ginagawang motibasyon ang mga ito sa paggawa ng tungkulin nila. Hindi nila kailanman sinusubukang pagnilayan ang katotohanan sa mga salita ng Diyos sa alinman sa mga kabanata o sipi ng mga ito, at ayaw nilang maranasan ang paghatol ng mga salita ng Diyos kahit kaunti, lalong ayaw nilang makilala ang sarili nila at malinaw na makita ang realidad ng malalim na katiwalian ng sangkatauhan sa pamamagitan ng mga salitang iyon ng Diyos na naglalandad sa tiwaling diwa ng sangkatauhan. Nagbibingi-bingihan din sila sa mga layunin, hinihingi, at panghihikayat ng Diyos sa sangkatauhan, hindi nila binibigyang-pansin ang mga ito at tinatrato ang mga ito nang may saloobin ng walang paggalang at walang pakialam. Sa kaibuturan ng puso nila, naniniwala sila, “Ang sinasabi at ginagawa ng diyos ay isang pormalidad lang; sino ang makatatanggap nito? Sino ang makauunawa nito? Sino ang tunay na makakapagsagawa ayon sa mga salita ng diyos? Ang mga salitang ito ng diyos ay pawang hindi kinakailangan. Ang pinakamakatotohanan ay ang ipagpalit ng mga tao ang paggampan nila ng tungkulin sa mga pagpapala—wala nang mas makatotohanan pa kaysa rito.” Kaya, paulit-ulit silang naghahanap sa mga salita ng Diyos, at sa sandaling matagpuan nila ang landas na ito, itinuturing nila ang paggawa ng tungkulin bilang ang tanging landas sa pagkamit ng mga pagpapala. Ito ang mga intensiyon, pakay, at kaloob-loobang kalkulasyon ng mga anticristo kapag ginagawa ang tungkulin nila. Kaya, anong mga pagpapamalas at pagbubunyag ang ipinapakita nila habang ginagawa ang tungkulin nila na nagpapakita sa mga tao na ang diwa ng mga gayong tao ay isang ganap na anticristong diwa? Hindi aksidente na nakakayang gawin ng mga anticristo ang tungkulin nila—tiyak na ginagawa nila ang tungkulin nila nang may sarili nilang mga intensyon at pakay, at pagnanais na magkamit ng mga pagpapala. Anuman ang tungkuling ginagawa nila, ang pakay at saloobin nila ay tiyak na hindi maihihiwalay

sa pagkamit ng mga pagpapala, sa magandang hantungan at kinabukasan at tadhana na iniisip at inaalala nila araw at gabi. Katulad sila ng mga negosyanteng walang ibang pinag-uusapan kundi ang trabaho nila. Ang anumang ginagawa ng mga anticristo ay pawang nauugnay sa kasikatan, pakinabang, at katayuan—lahat ng ito ay nauugnay sa pagkamit ng mga pagpapala at kinabukasan at tadhana. Sa kaibuturan, ang puso nila ay punung-puno ng mga gayong bagay; ito ang kalikasang diwa ng mga anticristo. Dahil mismo sa ganitong uri ng kalikasang diwa kaya malinaw na nakikita ng iba na ang magiging pinakawakas nila ay ang maitiwalag.

Sa mga salita ng Diyos, may mga hinihingi ang Diyos para sa lahat ng uri ng tao, at mayroon Siyang mga hinihingi at malinaw na pahayag sa lahat ng iba't ibang uri ng tungkulin at gawain. Ang mga salitang ito ay pawang mga hinihingi ng Diyos sa sangkatauhan, at ang mga hinihinging ito ang dapat sundin at dapat isagawa at tugunan ng mga tao. Anong saloobin mayroon ang mga anticristo patungkol sa mga salita ng Diyos at sa mga hinihingi ng Diyos? Mayroon ba silang saloobin ng pagpapasakop? Mayroon ba silang saloobin ng mapagkumbabang pagtanggap? Tiyak na wala. Batay sa disposisyon nila, kapag pumupunta ang mga anticristo sa sambahayan ng Diyos para gawin ang tungkulin nila, magagawa ba nila ito nang maayos ayon sa mga hinihingi ng Diyos at sa mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos? (Hindi, hindi nila magagawa.) Tiyak na hindi nila magagawa. Kapag ginagawa ng mga anticristo ang tungkulin nila, ang una nilang iniisip ay hindi ang hanapin ang mga prinsipyong nauugnay sa paggawa ng tungkulin nila, kung ano ang hinihingi ng Diyos, o kung ano ang mga panuntunan ng sambahayan ng Diyos. Sa halip, ang una nilang inuusisa ay kung pagpapalain o gagantimpalaan ba sila sa paggawa ng tungkuling ito. Kung hindi sigurado na pagpapalain o gagantimpalaan sila, ayaw nilang gawin ang tungkuling ito; at kahit gawin nila, magiging pabaya sila. Mabigat sa kalooban na ginagawa ng mga anticristo ang kanilang tungkulin para makakuha ng mga pagpapala. Itinatanong din nila kung magagawa ba nilang magpakitang-gilas at kung titingalain ba sila kapag ginawa nila ang tungkuling ito, at kung malalaman ba ng Itaas o ng Diyos kung gagawin nila ang tungkuling ito. Ito ang lahat ng bagay na isinasaalang-alang nila kapag ginagawa nila ang isang tungkulin. Ang unang gusto nilang matiyak ay kung anong mga pakinabang ang maaari nilang makuha sa paggawa ng isang tungkulin at kung maaari ba silang pagpalain. Ito ang pinakamahalagang bagay sa kanila. Hindi nila kailanman iniisip kung paano isaalang-alang ang mga layunin ng Diyos at suklian ang pagmamahal ng Diyos, kung paano ipangaral ang ebanghelyo at magpatotoo sa Diyos, nang sa gayon, makamit ng mga tao ang pagliligtas ng Diyos at matamo ang kaligayahan, lalong hindi nila kailanman hinahangad na maunawaan ang katotohanan, o hinahanap kung paano lutasin ang kanilang mga tiwaling disposisyon at isabuhay ang isang wangis ng tao. Hindi nila kailanman isinasaalang-alang ang mga bagay na ito. Ang iniisip lang nila ay kung maaari ba silang pagpalain at magkamit ng mga pakinabang, kung paano magkaposisyon, kung paano magkaroon ng katayuan, kung paano nila mapatingala ang mga tao, at kung paano mamukod-tangi at maging

pinakamahusay sa iglesia at sa karamihan ng tao. Tiyak na ayaw nilang maging mga ordinaryong tagasunod. Gusto nilang laging maging una sa iglesia, ang may huling salita, maging mga lider, at mapakinggan sila ng lahat. Saka lamang sila makokontento. Nakikita naman ninyo na ang puso ng mga anticristo ay nag-uumapaw sa mga bagay na ito. Tunay nga ba silang gumugugol para sa Diyos? Taos-puso ba nilang ginagawa ang kanilang tungkulin bilang mga nilikha? (Hindi.) Kung gayon, ano ang gusto nilang gawin? (Ang humawak ng kapangyarihan.) Tama iyon. Sinasabi nila, “Para sa akin, gusto kong mahigitan ang lahat ng tao sa sekular na mundo. Kailangan na ako ang maging una sa anumang grupo. Ayaw kong pumangalawa lang, at hindi ako kailanman magiging isang sidekick. Gusto kong maging isang lider at ang may huling salita sa anumang grupo ng mga tao na kinabibilangan ko. Kung hindi ako ang may huling salita, susubukan ko ang lahat ng posibleng paraan para kumbinsihin kayong lahat, para tingalain ninyo akong lahat, at para piliin ninyo ako bilang lider. Sa sandaling may katayuan na ako, ako na ang may huling salita, kailangan nang makinig sa akin ang lahat. Kailangan na ninyong gawin ang mga bagay-bagay ayon sa paraang gusto ko, at kailangang mapasailalim kayo sa kontrol ko.” Anumang tungkulin ang ginagawa ng mga anticristo, sisikapin nilang ilagay ang sarili nila sa mataas na posisyon, sa isang nangungunang posisyon. Hindi sila kailanman makokontento sa kanilang posisyon bilang isang ordinaryong tagasunod. At ano ang pinakakinahuhumalingan nila? Iyon ay ang tumayo sa harap ng mga tao na inuutusan at pinagagalitan ang mga tao, ipinagagawa sa mga tao ang kanilang sinasabi. Hindi nila iniisip kailanman kung paano gawin nang maayos ang kanilang tungkulin—lalo nang hindi nila hinahanap ang mga katotohanang prinsipyo habang ginagawa ang kanilang tungkulin, upang isagawa ang katotohanan at bigyang-kasiyahan ang Diyos. Sa halip, pinipiga nila ang kanilang utal sa kaiisip ng mga paraan para mapatanyag ang sarili, para tumaas ang tingin sa kanila ng mga lider at iangat sila, upang sila mismo ay maging lider o manggagawa, at mamuno sa ibang mga tao. Ito ang pinag-iisipan at inaasam nila buong araw. Hindi pumapayag ang mga anticristo na pamunuan ng iba, ni ayaw nilang maging ordinaryong tagasunod, lalo na ang manahimik na lamang habang ginagawa nila ang kanilang tungkulin nang walang ingay. Anuman ang kanilang tungkulin, kung hindi sila maaaring maging bida, kung hindi sila maaaring maging mataas sa iba at maging lider ng ibang tao, nagiging nakababagot para sa kanila ang paggawa ng kanilang tungkulin, at nagiging negatibo sila at nagsisimulang magpabaya. Kung walang papuri o pagsamba ng iba, lalong hindi ito interesante sa kanila, at lalong wala silang pagnanais na gawin ang kanilang tungkulin. Ngunit kung maaari silang maging bida habang ginagawa nila ang kanilang tungkulin at sila ang may huling salita, napapasigla sila, at handang danasin ang anumang paghihirap. Palagi silang may personal na mga intensiyon sa pagganap sa kanilang tungkulin, at gusto nila na palagi mamukod-tangi bilang isang pamamaraan para matugunan ang kanilang pagiging mapagkompetensiya, at matugunan ang kanilang mga pagnanais at ambisyon. Habang ginagawa ang kanilang tungkulin, dagdag pa sa pagiging

masyadong mapagkompetensiya—nakikipagkompetensiya, sa lahat ng bagay, para mamukod-tangi, manguna, mangibabaw sa iba—iniisip din nila kung paano mapanatili ang kanilang kasalukuyang katayuan, reputasyon at katanyagan. Kung may sinumang nagbabanta sa kanilang katayuan o katanyagan, walang nakakapigil sa kanila, at walang awa, sa pagpapabagsak at pag-aalis sa taong ito. Gumagamit pa nga sila ng kasuklam-suklam na mga kaparaanan para supilin iyong mga nagagawang hangarin ang katotohanan, na gumagawa sa kanilang tungkulin nang may katapatan at pagpapahalaga sa responsabilidad. Puno rin sila ng inggit at pagkamuhi sa mga kapatid na gumaganap nang mahusay sa kanilang tungkulin. Namumuhi sila lalo na sa mga ineendorso at inaaprubahan ng iba pang mga kapatid; naniniwala sila na malaking banta ang gayong mga tao sa pinagsisikapan nilang matamo, sa kanilang reputasyon at katayuan, at isinusumpa nila sa kanilang puso na “Ikaw o ako, ako o ikaw, walang puwang para sa ating dalawa, at kung hindi kita ibabagsak at tatanggalin, mas gugustuhin ko pang mamatay!” Sa mga kapatid na nagpapahayag ng ibang opinyon, na naglalantad sa kanila, o nagbabanta sa kanilang katayuan, wala silang habag: Iniisip nila ang anumang maiisip nila para may makalap sila tungkol sa mga ito para husgahan at kondenahin ang mga ito, para siraan at pabagsakin ang mga ito, at hindi sila titigil hangga’t hindi nila nagagawa iyon. Mayroon lamang silang isang saloobin sa pagtrato nila sa sinumang tao: Kung banta ang taong iyon sa katayuan nila, pababagsakin nila ito at aalisin. Ang lahat ng masugid nilang tagasunod ay mga taong nambobola sa kanila, at anumang masasamang bagay na ginagawa ng mga taong ito at gaano man kalaki ang pinsalang idinudulot nila sa gawain ng iglesia at sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, pagtatakpan at poprotektahan nila ang mga tagasunod nila. Habang ginagawa ang tungkulin nila, palaging pinamamahalaan ng mga anticristo ang sarili nilang kasikatan, pakinabang, at katayuan, pinamamahalaan ang nagsasarili nilang kaharian. Ang diwa ng paggawa ng tungkulin nila ay ang ipaglaban ang nagsasarili nilang kaharian at ipaglaban ang sarili nilang kinabukasan at tadhana.

Ang ilang anticristo ay namumuno sa humigit-kumulang isang dosenang tao sa isang maliit na pangkat, at ang iba naman ay namumuno sa isang iglesia ng mga tao o higit pa. Gaano man karaming tao ang pinamumunuan nila, kontrolado na nila ang mga taong ito habang ginagawa ang mga tungkulin nila, at ginagamit nila ang kapangyarihan bilang hari sa mga taong ito. Hindi sila nag-aalala kung gaano kinokondena at kinasusuklaman ng Diyos ang mga gayong bagay, ang mahalaga lang sa kanila ay ang panatilihing mahigpit ang pagkakahawak nila sa kapangyarihan at mahigpit na kontrolin ang mga taong iyon na nasa ilalim nila, na kaya nilang kontrolin. Samakatwid, batay sa mga intensiyon at motibasyon ng mga anticristo sa paggawa ng mga tungkulin nila, malupit at buktot ang diwa nila. Kaya, batay sa pag-uugali nila habang ginagawa ang mga tungkulin nila, anong disposisyon ang inihahayag nila? Malupit din ang disposisyon nila. Paano nailalarawan ang malupit na disposisyong ito? Bagama’t nagdurusa sila ng paghihirap at nagbabayad ng halaga habang ginagawa ang mga tungkulin nila, wala sa

mga tungkuling ginagawa nila ang ginagawa ayon sa mga salita ng Diyos. Habang ginagawa ang mga tungkulin nila, hindi talaga nila ipinapatupad ang mga pagsasaayos ng gawain, lalong hindi nila hinahanap ang mga prinsipyong itinakda ng sambahayan ng Diyos para sa bawat gampanin. Tinutugunan lamang nila ang pansarili nilang mga kagustuhan at ang pagnanais nila sa kapangyarihan, at pati na ang personal nilang kahilingan na palagi silang may ginagawa. Ang mga ito ay pawang ilang kondisyon kung saan pinaniniwalaan ng mga anticristo na makakatanggap sila ng korona. Nag-iilusyon silang nag-iisip: “Kung gagawin ko lang nang ganito ang mga bagay-bagay, kung magbabayad ako ng halaga, tatalikuran at igugugol ko ang sarili ko, siguradong bibigyan ako ng diyos ng korona at gagantimpalaan niya ako sa huli!” Hindi nila kailanman pinapansin o sineseryoso ang mga hinihingi at prinsipyong binibigyang-diin at paulit-ulit na inihahain sa sangkatauhan sa mga salita ng Diyos; itinuturing lang nila ang mga iyon bilang mga kasabihan. Ang mentalidad nila ay: “Anuman ang mga hinihingi mo, hindi ko luwagan ang pagkakahawak sa kapangyarihan ko o sa mga paghahangad ko, at hindi ko puwedeng bitiwang ang mga kahilingan o ambisyon ko. Kung wala ako ng mga bagay na ito, ano pa ang mag-uudyok sa akin o magiging motibasyon ko na gawin ang mga tungkulin ko?” Ito ang ilan sa mga pagpapamalas ng mga anticristo kapag ginagawa ang mga tungkulin nila. Anuman ang sinasabi ng mga salita ng Diyos, at anuman ang mga hinihinging pamantayan at prinsipyo ng Itaas para sa iba’t ibang gampanin, hindi nakikinig ang mga anticristo at hindi nila pinapansin ang mga ito. Gaano man kapartikular ang mga salita ng Itaas, gaano man kahigpit ang mga hinihingi tungkol sa aspektong ito ng gawain, nagkukunwari silang hindi nakaririnig o hindi nakauunawa, at kumikilos pa rin sila nang walang ingat at arbitraryo at nanggugulo sa ibaba, gumagawa ng mga bagay-bagay ayon sa sarili nilang mga intensiyon. Naniniwala sila na kung gagawin nila ang mga bagay-bagay ayon sa mga hinihingi ng Diyos at ayon sa mga pamamaraan ng ang Itaas, mawawala ang katayuan nila, at malilipat at maglalaho ang kapangyarihang hawak nila. Naniniwala sila na ang paggawa ng mga bagay-bagay ayon sa katotohanan at ayon sa mga hinihingi ng mga salita ng Diyos ay isang di-halatang pag-atake at pagkakait sa kapangyarihan nila—pag-atake ito sa personal nilang reputasyon. Iniisip nila: “Hindi ako ganoon kahangal. Kung tatanggapin ko ang mga opinyon ninyo, hindi ba’t magmumukha akong walang kakayahan at walang talento sa pamumuno? Kung tatanggapin ko ang mga opinyon ninyo, kung aaminin ko na mali ako, makikinig pa rin ba sa akin ang mga kapatid ko pagkatapos niyon? Magkakaroon pa rin ba ako ng prestihiyo? Kung gagawin ko ang mga bagay-bagay ayon sa mga hinihingi ng itaas, hindi ba’t mawawalan ako ng pagkakataon na ipangalandakan ang sarili ko? Sasambahin pa rin ba ako ng mga kapatid kung magkagayon? Makikinig pa rin ba sila sa sinasabi ko? Kung wala sa kanila ang makikinig sa sinasabi ko, ano pa ang silbi ng paggawa ko ng tungkuling ito? Paano ko pa magagawa ang gawaing ito? Kung wala akong awtoridad sa grupo at bumaba ang katanyagan ko, at kung silang lahat ay makikinig sa mga salita ng diyos at magsasagawa ayon sa mga katotohanang prinsipyo, hindi ba’t mawawalan

ng kapangyarihan ang pamumuno ko? Hindi ba't magiging parang papet na lang ako? Kung gayon, paano pa ako gaganahan sa paggawa ng mga bagay na ito? Kung walang kabuluhan ang pamumuno ko at walang saysay ang anumang ginagawa ko, magkakaroon pa kaya ako ng anumang magandang kinabukasan?" Ang nais ng mga anticristo ay maipuwesto sila sa itaas ng lahat ng iba pa sa anumang grupo, nang sa gayon ay makakuha sila ng korona at mga gantimpala sa hinaharap bilang sukli. Naniniwala sila na hangga't nagiging bukod-tanging tao at pinuno sila ng iba sa gitna ng hinirang na mga tao ng Diyos, magiging karapat-dapat silang makatanggap ng korona at ng malalaking pagpapala sa hinaharap bilang sukli. Kaya, hindi luluwagan ng mga anticristo ang kapangyarihang hawak nila sa anumang oras at hindi sila magpapakampante sa anumang sitwasyon. Natatakot sila na kung magpapabaya sila kahit kaunti, maaagaw o hihina ang kapangyarihang hawak nila. Kapag ginagawa nila ang mga tungkulin nila, hindi nila ginagawa ang mga ito nang buong husay sa sarili nilang posisyon, hindi nila ginagawa nang maayos ang mga tungkulin nila at hindi sila nagpapatotoo sa Diyos ayon sa mga prinsipyo ng mga salita ng Diyos at sa Kanyang mga hinihingi. Sa halip, ginagamit nila ang mga gayong pagkakataon para mahigpit na panghawakan ang korona na pinaniniwalaan nilang malapit na nilang matanggap. Kahit pa natutupad ng ilang anticristo ang mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos bilang isang hanay ng mga regulasyon, hindi pa rin niyon mapapakita na mga tao silang tumatanggap sa katotohanan at nagpapasakop sa mga salita ng Diyos. Ano ang dahilan sa likod nito? May ilang anticristo na habang ginagawa ang mga tungkulin nila ay palaging nais agawin ang kapangyarihan at tugunan ang pagnanais nila para dito, at palaging gustong magkaroon ng katayuan at sermunan ang mga tao at utus-utusan sila mula sa isang posisyon ng katayuan. Pero ang ilang anticristo ay iba at mayroon silang ganitong pag-aalala: "Ang ibong nag-uunat ng kanyang leeg ang unang nababari. Ibig sabihin, ang sinumang sumusuong sa panganib at nagkakamali, siya ang magdurusa. Hindi ako magiging ganoon kahangal. Kahit gaano ako kahusay, tatlumpung porsiyento lang ang ibibigay ko, at ititira ko ang pitumpung porsiyento para sa sarili ko bilang reserba—dapat akong magtira nang kaunti. Anuman ang sabihin o hilingin ng sambahayan ng diyos sa akin, sa panlabas ay sasang-ayon ako, at hindi ako magiging isang taong nanggagambala o nanggugulo. Kung sino man ang namumuno, susunod ako, at sasang-ayon ako sa anumang sasabihin niya. Magiging ayos lang ako basta't susundin ko ang mga regulasyong ibinigay ng itaas at hindi ako lalabag sa mga iyon. Tungkol naman sa paglalaan ng katapatan ko sa diyos at taos-pusong paggugol ng sarili ko para sa kanya, hindi na ito kailangan pa. Gugugol ako ng kaunting pagsisikap sa paggawa ng tungkulin ko, katanggap-tanggap na ang paggawa nang sapat lang, at hindi ako magpapakahangal. Anuman ang gawin ko, kailangan kong magtira nang kaunti para maiwasan ko na walang matanggap at na wala akong maipakitang resulta sa huli." Ang ganitong uri ng anticristo ay naniniwala na isang kahangalan para sa iba na umako ng mga responsabilidad sa paggawa ng mga tungkulin nila at na palaging nangunguna para lutasin ang mga problema, at na hindi siya dapat maging ganoon

kahangal. Sa puso niya, alam niya na kung may sinumang naghahangad ng katayuan at namamahala ng sarili niyang kapangyarihan, sa malao't madali ay malalantad din siya, pero upang maisagawa ang katotohanan, kailangan niyang magbayad ng halaga, magsikap, mag-alay ng kanyang sinseridad, at maging tapat. Kakailanganin niyang magdusa ng maraming paghihirap, at hindi siya handang gawin iyon. Gumagamit siya ng pamamaraan ng pakikipagkompromiso, hindi siya nangunguna o umaatras, nananatili siya sa gitna. Naniniwala siya: "Gagawin ko ang anumang ipinapagawa sa akin. Iraraos ko lang ang gawain at tatapusin ito, at kung ipapagawa ito sa akin nang mas maayos, hindi ko ito gagawin. Para magawa ito nang mas maayos, kakailanganin kong magbayad ng mas malaking halaga at suriin ang mas maraming materyal—magiging masyadong nakakapagod ito! Kung bibigyan ako ng diyos ng mga karagdagang gantimpala dahil ginawa ko iyon, ayos lang, pero parang wala namang sinasabi ang mga salita ng diyos tungkol sa mga karagdagang gantimpala. Dahil ganito ang kaso, hindi ko na kailangang magdusa at magpakapagod; mas mabuting maghinay-hinay lang ako." Magagawa ba nang maayos ng gayong tao ang tungkulin niya? Makakamit ba niya ang katotohanan? Matatanggap ba ng mga taong hindi nagsusumikap sa katotohanan, bagkus ay nagiging pabaya o negatibo at nagpagbabaya sa gawain nila, ang pagsang-ayon ng Diyos? Tiyak na hindi.

Ano ang pinakahalatang pagpapamalas ng isang anticristo? Una, hindi nila tinatanggap ang katotohanan, na isang bagay na nakikita ng lahat. Bukod sa hindi nila tinatanggap ang mga mungkahi ng ibang tao, higit sa lahat, hindi rin nila tinatanggap ang mapungusan. Sigurado at walang duda na hindi tinatanggap ng mga anticristo ang katotohanan; kung natatanggap nila ang katotohanan, hindi sila magiging anticristo. Kaya, bakit ginagawa pa rin ng mga anticristo ang kanilang mga tungkulin? Ano ba mismo ang intensiyon nila sa paggawa ng kanilang mga tungkulin? Ito ay para "tumanggap ng isang daang beses sa buhay na ito at ng walang-hanggang buhay sa mundong darating." Ganap nilang sinusunod ang kasabihang ito sa mga tungkulin nila. Hindi ba't isa itong transaksyon? Tiyak na isa itong transaksyon. Batay sa kalikasan ng transaksyong ito, hindi ba't isa itong buktot na disposisyon? (Oo.) Kung gayon, sa anong paraan sila buktot? Mayroon bang makapagsasabi sa Akin? (Bagama't naririnig ng mga anticristo ang napakaraming katotohanang ipinahayag ng Diyos, hindi nila kailanman hinahangad ang mga ito. Mahigpit silang kumakapit sa katayuan nila at hindi sila bumibitiw, at ginagawa lang nila ang kanilang tungkulin para sa pansarili nilang kapakinabangan at para gumamit ng kapangyarihan sa iba.) Medyo tama ang sagot na iyan, medyo naunawaan mo ito, pero hindi pa ito sapat na detalyado. Kung alam na alam nilang mali ang makipagtransaksyon sa Diyos, ngunit nagpapatuloy pa rin sila hanggang sa huli at tumatangging magsisi, kung gayon ay malubha ang problemang ito. Sa panahon ngayon, ginagawa ng karamihan ng tao ang mga tungkulin nila nang may intensiyong makapagkamit ng mga pagpapala. Gusto nilang lahat na gamitin ang paggampan ng kanilang mga tungkulin para magantimpalaan sila at makakuha ng korona, at hindi nila

naiintindihan ang kahalagahan ng paggampan ng tungkulin ng isang tao. Kailangang pagbahaginan nang malinaw ang problemang ito. Kaya, pag-usapan muna natin kung paano nagkaroon ng tungkulin ang mga tao. Gumagawa ang Diyos para pamahalaan at iligtas ang sangkatauhan. Siyempre, may mga hinihingi ang Diyos sa mga tao, at ang mga hinihinging ito ang tungkulin nila. Malinaw na ang tungkulin ng mga tao ay nagmumula sa gawain ng Diyos at sa mga hinihingi Niya sa sangkatauhan. Anuman ang tungkuling ginagampanan ng isang tao, ito ang pinakanararapat na bagay na magagawa nila, ang pinakamaganda at pinakamakatarungang bagay sa gitna ng sangkatauhan. Bilang mga nilikha, dapat tuparin ng mga tao ang tungkulin nila, at saka lamang sila makatatanggap ng pagsang-ayon ng Lumikha. Namumuhay ang mga nilikha sa ilalim ng kapamahalaan ng Lumikha, at tinatanggap nila ang lahat ng ibinibigay ng Diyos at lahat ng nagmumula sa Diyos, kaya dapat nilang tuparin ang kanilang mga responsabilidad at obligasyon. Ito ay ganap na natural at may katwiran, at inorden ng Diyos. Mula rito ay makikita na, ang pagtupad ng mga tao sa tungkulin ng isang nilikha ay mas makatarungan, maganda, at marangal kaysa sa anumang iba pang bagay na nagawa habang namumuhay sa lupa; wala sa sangkatauhan ang mas makabuluhan o karapat-dapat, at walang nagdudulot ng mas malaking kabuluhan at halaga sa buhay ng isang nilikhang tao, kaysa sa pagtupad sa tungkulin ng isang nilikha. Sa lupa, tanging ang grupo ng mga taong tunay at taos-pusong gumaganap ng tungkulin ng isang nilikha ang siyang mga nagpapasakop sa Lumikha. Hindi sumusunod sa mga makamundong kalakaran ang grupong ito; nagpapasakop sila sa pamumuno at pamamatnubay ng Diyos, nakikinig lamang sa mga salita ng Lumikha, tumatanggap sa mga katotohanang ipinapahayag ng Lumikha, at namumuhay ayon sa mga salita ng Lumikha. Ito ang pinakatunay, pinakamatunog na patotoo, at ito ang pinakamagandang patotoo ng pananampalataya sa Diyos. Ang matupad ng isang nilikha ang tungkulin ng isang nilikha, ang mabigyang-kasiyahan ang Lumikha, ay ang pinakamagandang bagay sa gitna ng sangkatauhan, at isa itong bagay na dapat ipalaganap sa gitna ng sangkatauhan bilang isang kuwento na pupurihin. Anumang ipinagkakatiwala ng Lumikha sa mga nilikha ay dapat nilang tanggapin nang walang kondisyon; para sa sangkatauhan, ito ay isang usapin ng kapwa kaligayahan at pribilehiyo, at para sa lahat ng tumutupad sa tungkulin ng isang nilikha, wala nang ibang mas maganda o karapat-dapat na tandaan—ito ay isang positibong bagay. At patungkol naman sa kung paano tinatrato ng Lumikha ang mga kayang tumupad sa tungkulin ng isang nilikha, at sa kung ano ang ipinapangako Niya sa kanila, nasa Lumikha na iyon; walang kinalaman doon ang nilikhang sangkatauhan. Sa mas malinaw at simpleng pananalita, ang Diyos na ang magpapasya rito, at walang karapatang makialam ang mga tao. Makukuha mo ang anumang ibibigay sa iyo ng Diyos, at kung wala Siyang ibigay sa iyo, wala kang puwedeng sabihin tungkol dito. Kapag tinatanggap ng isang nilikha ang atas ng Diyos, at nakikipagtulungan siya sa Lumikha sa pagganap sa kanyang tungkulin at ginagawa niya ang lahat ng makakaya niya, hindi ito isang transaksyon o pakikipagpalitan; hindi dapat tangkain ng mga tao na ipagpalit ang mga

pagpapahayag ng mga saloobin o kilos at pag-uugali sa anumang pangako o pagpapala mula sa Diyos. Nang ipagkatiwala ng Lumikha ang gawaing ito sa inyo, tama at nararapat lang na bilang mga nilikha, tatanggapin ninyo ang tungkulin at atas na ito. Mayroon bang anumang transaksyon dito? (Wala.) Sa panig ng Lumikha, handa Siyang ipagkatiwala sa bawat isa sa inyo ang mga tungkulin na dapat gampanan ng mga tao; at sa panig ng nilikhang sangkatauhan, dapat na malugod na tanggapin ng mga tao ang tungkuling ito, tratuhin ito bilang obligasyon ng kanilang buhay, at bilang halagang dapat nilang isabuhay sa buhay na ito. Walang transaksyon dito, hindi ito pakikipagpalitan na may katumbas na halaga, at lalong hindi kinasasangkutan ng anumang gantimpala o ibang pahayag na iniisip ng mga tao. Hindi ito isang kalakalan; hindi ito tungkol sa pakikipagpalitan sa halagang ibinabayad ng mga tao o sa pagsisikap na ibinibigay nila kapag ginagampanan ang kanilang tungkulin para sa ibang bagay. Hindi iyon kailanman sinabi ng Diyos, at hindi dapat ganito ang pagkaunawa ng mga tao rito. Nagbibigay ang Lumikha sa sangkatauhan ng isang atas, at isinasagawa ng isang nilikha ang paggampan ng kanyang tungkulin matapos niyang tanggapin mula sa Lumikha ang atas na ibinibigay ng Diyos. Sa usaping ito, sa prosesong ito, walang anumang transaksyonal; ito ay talagang isang simple at nararapat na bagay. Para itong sa mga magulang, na matapos isilang ang kanilang anak, ay pinalalaki ito nang walang kondisyon o reklamo. Tungkol naman sa kung magiging mabuting anak ba ito, walang gayong mga hinihingi ang kanyang mga magulang mula pa sa araw na isinilang siya. Walang ni isang magulang na pagkatapos manganak ay nagsasabi, “Pinapalaki ko lang siya para paglingkuran at parangalan niya ako sa hinaharap. Kung hindi niya ako pararangalan, sasakalin ko siya hanggang sa mamatay ngayon mismo.” Walang ni isang magulang na ganito. Kaya, batay sa paraan ng pagpapalaki ng mga magulang sa mga anak nila, ito ay isang obligasyon, isang responsabilidad, hindi ba? (Oo.) Patuloy na palalakihin ng mga magulang ang kanilang anak, mabuting anak man ito o hindi, at anuman ang mga paghihirap, palalakihin nila ang anak hanggang sa umabot ito sa hustong gulang, at nanaisin nila ang pinakamagandang buhay para dito. Walang kondisyon o transaksyon sa responsabilidad at obligasyong ito ng mga magulang para sa kanilang anak. Ang mga may kaugnay na karanasan ay mauunawaan ito. Karamihan ng magulang ay walang hinihinging mga pamantayan sa kung mabuti ba ang kanilang anak o hindi. Kung mabuti ang anak nila, mas magiging masayahin sila kaysa kung hindi mabuti ang anak nila, at magiging mas masaya sila sa pagtanda nila. Kung hindi mabuti ang kanilang anak, hahayaan na lang nila ito na maging ganoon. Ganito mag-isip ang karamihan ng magulang na may medyo bukas na isipan. Sa kabuuan, ito man ay mga magulang na nagpapalaki ng kanilang mga anak o mga anak na sumusuporta sa kanilang mga magulang, ang usaping ito ay usapin ng responsabilidad, ng obligasyon, at bahagi ito ng inaasahang papel ng isang tao. Siyempre, pawang maliliit na usapin lang ito kumpara sa paggampan ng isang nilikha sa tungkulin niya, pero sa mga usapin ng mundo ng tao, ang mga ito ang kabilang sa mas magaganda at mga makatarungang bagay. Hindi na kailangang sabihin na mas lalong totoo ito pagdating sa paggampan ng

isang nilikha sa tungkulin niya. Bilang isang nilikha, kapag humarap ang isang tao sa Lumikha, kailangan niyang gampanan ang kanyang tungkulin. Ito ay isang bagay na talagang nararapat gawin, at dapat niyang tuparin ang responsabilidad na ito. Sa kondisyon na ginagampanan ng mga nilikha ang kanilang mga tungkulin, nakagawa ang Lumikha ng mas higit na dakilang gawain sa sangkatauhan, isinakatuparan Niya ang isang karagdagang hakbang ng gawain sa mga tao. At anong gawain iyon? Tinutustusan Niya ang sangkatauhan ng katotohanan, na tinutulutan silang makamit ang katotohanan mula sa Diyos habang ginagampanan nila ang kanilang mga tungkulin at sa ganoong paraan ay naiwawaksi ang kanilang mga tiwaling disposisyon at nadadalisay sila, natutugunan nila ang mga layunin ng Diyos at tumatahak na sila sa tamang landas sa buhay, at, sa huli, nagagawa nilang matakot sa Diyos at umiwas sa kasamaan, magtamo ng ganap na kaligtasan, at hindi na mapasailalim sa mga pagpapahirap ni Satanas. Ito ang panghuling epektong nilalayon ng Diyos na makamit sa pamamagitan ng pagpapagampan sa mga tao ng mga tungkulin. Samakatwid, sa proseso ng pagganap sa iyong tungkulin, hindi lamang ipinapakilatis ng Diyos sa iyo nang malinaw ang isang bagay at ipinapaunawa ang kaunting katotohanan, ni hindi ka lamang Niya hinahayaang matamasa ang biyaya at mga pagpapala na natatanggap mo sa pamamagitan ng paggampan sa iyong tungkulin bilang isang nilikha. Bagkus, pinahihintulutan ka Niyang madalisay at maligtas, at, sa huli, ay makapamuhay sa liwanag ng mukha ng Lumikha. Ang “liwanag ng mukha” ng Lumikha na ito ay kinapapalooban ng maraming pinalawig na kahulugan at nilalaman—hindi natin ito tatalakayin ngayon. Siyempre, tiyak na magbibigay ng mga pangako at pagpapala ang Diyos sa gayong mga tao, at gagawa ng iba’t ibang pahayag tungkol sa mga ito—ibang usapan pa ang bagay na ito. Patungkol sa kasalukuyan at ngayon, ano ang tinatanggap ng lahat ng humaharap sa Diyos at gumagampan ng kanilang tungkulin bilang isang nilikha mula sa Diyos? Ang katotohanan at buhay, ang mga pinakamahalaga at pinakamagandang bagay sa sangkatauhan. Wala ni isang nilikha sa sangkatauhan ang madaling makatatanggap ng gayong mga pagpapala mula sa kamay ng Lumikha. Ang gayon kaganda at gayon kalaking bagay ay binaluktot at ginawa nang isang transaksyon ng angkan ng mga anticristo, kung saan nangangalap sila ng mga korona at gantimpala mula sa kamay ng Diyos. Ang gayong transaksyon ay ginagawang napakapangit at napakabuktot ang isang bagay na napakaganda at napakamakatarungan. Hindi ba ito ang ginagawa ng mga anticristo? Kung pagbabatayan ito, hindi ba’t buktot ang mga anticristo? Talagang buktot nga sila! Isa itong pagpapamalas ng kanilang kabuktutan.

Sa mga huling araw, pumarito sa katawang-tao ang Diyos para gumawa, nagpapahayag ng maraming katotohanan, ibinubunyag sa sangkatauhan ang lahat ng misteryo ng plano ng pamamahala ng Diyos, at ibinibigay ang lahat ng katotohanang dapat maunawaan at pasukin ng mga tao para maligtas. Ang mga katotohanang ito at ang mga salitang ito ng Diyos ay mga kayamanan para sa lahat ng nagmamahal sa mga positibong bagay. Ang mga katotohanan ang mga kinakailangan ng tiwaling sangkatauhan, at mga

walang-katumbas na yaman din ang mga ito para sa sangkatauhan. Ang bawat isa sa mga salita, hinihingi, at layunin ng Diyos ay mga bagay na dapat maunawaan at maarok ng mga tao, ang mga ito ay mga bagay na dapat sundin ng mga tao para magkamit ng kaligtasan, at ang mga ito ay mga katotohanang dapat matamo ng mga tao. Ngunit itinuturing ng mga anticristo ang mga salitang ito bilang mga teorya at islogan, nagbibingbinghan pa nga sila sa mga ito, at ang mas malala, hinahamak at itinatatwa nila ang mga ito. Itinuturing ng mga anticristo ang pinakamahahalagang bagay sa buong sangkatauhan na mga kasinungalingan ng mga manloloko. Naniniwala ang mga anticristo sa puso nila na walang Tagapagligtas, lalo nang walang katotohanan o positibong mga bagay sa mundo. Iniisip nila na anumang maganda o pakinabang ay dapat mapasakamay ng mga tao at puwersahang makuha sa pamamagitan ng pakikibaka ng tao. Iniisip ng mga anticristo na ang mga taong walang mga ambisyon at pangarap ay hindi kailanman magtatagumpay, ngunit ang puso nila ay puno ng pagtutol at pagkamuhi sa katotohanang ipinahayag ng Diyos. Itinuturing nila ang mga katotohanang ipinahayag ng Diyos bilang mga teorya at islogan, ngunit itinuturing nila ang kapangyarihan, mga interes, ambisyon, at pagnanais bilang mga makatarungang adhikain na dapat pamahalaan at hangarin. Gumagamit din sila ng serbisyong ginawa gamit ang kanilang mga kaloob bilang isang paraan upang makipagtransaksiyon sa Diyos sa pagtatangkang makapasok sa kaharian ng langit, magtamo ng mga korona, at magtamasa ng mas malalaking pagpapala. Hindi ba't buktot ito? Paano nila binibigyang-kahulugan ang mga layunin ng Diyos? Sinasabi nila, "Pinagpapasyahan ng diyos kung sino ang amo sa pagtingin kung sino ang pinakagumugugol at pinakanagdurusa para sa kanya at kung sino ang nagbabayad ng pinakamalaking halaga. Pinagpapasyahan niya kung sino ang makakapasok sa kaharian at kung sino ang tatanggap ng mga korona sa pagtingin kung sino ang nagpaparoo't parito, magsalita nang mahusay, at kung sino ang may diwa ng isang bandido at kayang sumunggab ng mga bagay nang puwersahan. Sabi nga ni Pablo, 'Nakipagbaka na ako ng mabuting pakikipagbaka, natapos ko na ang aking takbo, napanatili ko ang pananalig: Buhat ngayon ay natataan sa akin ang putong ng katuwiran' (2 Timoteo 4:7-8)." Sinusunod nila ang mga salitang ito ni Pablo at naniniwala sila na totoo ang mga salita niya, ngunit hindi nila pinapansin ang lahat ng hinihingi at pahayag ng Diyos para sa sangkatauhan, iniisip na, "Hindi mahalaga ang mga bagay na ito. Ang tanging mahalaga ay na sandaling nakipagbaka ako ng aking pakikipagbaka at natapos ko ang aking takbo, makakatanggap ako ng isang korona sa huli. Totoo ito. Hindi ba't iyon ang ibig sabihin ng diyos? Nagsalita na ang diyos ng libu-libong salita at nagbigay ng di-mabilang na mga sermon. Sa huli, ang ibig niyang sabihin sa mga tao ay na kung gusto ninyo ng mga korona at gantimpala, bahala kayong makipaglaban, magpakahirap, mang-agaw, at kunin ang mga iyon." Hindi ba't ito ang lohika ng mga anticristo? Sa kaibuturan ng kanilang puso, ganito palagi ang tingin ng mga anticristo sa gawain ng Diyos, at ganito nila binibigyang-kahulugan ang salita at plano ng pamamahala ng Diyos. Buktot ang kanilang disposisyon, hindi ba? Binabaluktot nila ang mga layunin ng Diyos, ang katotohanan, at

lahat ng positibong bagay. Itinuturing nila ang plano ng pamamahala ng Diyos na iligtas ang sangkatauhan bilang isang lantaran na transaksyon, at itinuturing ang tungkuling hinihingi ng Lumikha na gampanan ng sangkatauhan bilang isang lantaran na pagkamkam, agresyon, panlilinlang, at transaksyon. Hindi ba't ito ang buktot na disposisyon ng mga anticristo? Naniniwala ang mga anticristo na para magtamo ng mga pagpapala at makapasok sa kaharian ng langit, dapat nilang matamo ito sa pamamagitan ng isang transaksyon, at na ito ay patas, makatwiran, at napakalehitimo. Hindi ba't isa itong buktot na lohika? Hindi ba ito satanikong lohika? Laging may ganitong mga pananaw at saloobin ang mga anticristo sa kaibuturan ng kanilang puso, na nagpapatunay na ang disposisyon ng mga anticristo ay masyadong buktot.

Mula sa ilang aytem ng nilalaman na pinagbahaginan natin, nakita ba ninyo ang buktot na disposisyon ng mga anticristo? (Oo.) Ang unang aytem ay kung paano tinuturing ng mga anticristo ang tungkulin nila, tama ba? Kung gayon, paano tinuturing ng mga anticristo ang tungkulin nila? (Itinuturing ng mga anticristo ang tungkulin nila bilang isang transaksyon na ipinagpapalit nila para sa sarili nilang hantungan at mga interes. Gaano man gumawa ang Diyos sa mga tao, gaano karaming salita ang nasabi Niya sa kanila, at gaano karaming katotohanan ang naipahayag Niya sa kanila, binabalawala ng mga anticristo ang lahat ng ito at patuloy na ginagawa ang tungkulin nila nang may intensiyon na makipagtransaksyon sa Diyos.) Itinuturing ng mga anticristo ang tungkulin nila bilang isang transaksyon. Ginagawa nila ang tungkulin nila nang may intensiyon na makipagtransaksyon at magkamit ng mga pagpapala. Iniisip nila na ang pananampalataya sa Diyos ay alang-alang sa pagkakamit ng mga pagpapala, at na angkop lang na magkamit ng mga pagpapala sa pamamagitan ng paggawa ng tungkulin nila. Binabaluktot nila ang positibong bagay na paggampan sa tungkulin at sinisiraang-puri nila ang halaga at kabuluhan ng paggampan sa tungkulin bilang isang nilikha, habang sinisiraang-puri din nila ang pagiging lehitimo ng paggawa nito; ginagawa nilang isang transaksyon ang tungkulin na dapat natural na ginagampanan ng mga nilikha. Ito ang kabuktutan ng mga anticristo; ito ang unang aytem. Ang ikalawang aytem ay na hindi naniniwala ang mga anticristo sa pag-iral ng mga positibong bagay o sa katotohanan, at hindi sila naniniwala o kumikilala na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan. Hindi ba't buktot ito? (Oo.) Ano ang buktot tungkol dito? Ang mga salita ng Diyos ang realidad ng lahat ng positibong bagay, pero hindi ito nakikita at hindi kinikilala ng mga anticristo. Itinuturing nila ang mga salita ng Diyos bilang mga islogan, bilang isang uri ng teorya, at binabaluktot nila ang katunayan na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan. Ano ang pinakamalaki at pangunahing problema rito? Nais gamitin ng Diyos ang mga salitang ito para iligtas ang sangkatauhan, at kailangang tanggapin ng tao ang mga salita ng Diyos bago ito malinis at magtamo ng kaligtasan—ito ay isang katunayan, at ito ang katotohanan. Hindi kinikilala o tinatanggap ng mga anticristo ang pangakong ito ng Diyos sa sangkatauhan. Sinasabi nila, “Maligtas? Malinis? Para saan iyon? Walang silbi ito! Kung malilinis ako, talaga bang maliligtas ako at makakapasok sa kaharian ng langit? Sa tingin ko ay hindi!” Hindi nila pinapansin ang

bagay na ito at hindi sila interesado rito. Ano ang tahimik na ipinapahiwatig nito? Ipinapahiwatig nito na hindi sila naniniwala na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan; naniniwala sila na mga kasabihan at doktrina lamang ang mga ito. Hindi sila naniniwala o hindi nila kinikilala na makalilinis o makapagliligtas sa mga tao ang mga salita ng Diyos. Ito ay maihahalintulad noong tinukoy ng Diyos si Job bilang isang taong may takot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan, at bilang isang perpektong tao. Katotohanan ba ang mga salitang ito na sinabi ng Diyos? (Oo.) Kung gayon, bakit nagsasabi ang Diyos ng gayong bagay? Ano ang batayan? Inoobserbahan ng Diyos ang pag-uugali ng mga tao, sinisiyasat Niya ang puso nila, at nakikita Niya ang diwa nila, at batay rito, sinabi Niya na may takot si Job sa Diyos at umiwas ito sa kasamaan at na isa itong perpektong tao. Inobserbahan ng Diyos si Job nang hindi lang isa o dalawang araw, at mahigit din sa isa o dalawang araw ang mga pagpapamalas ni Job ng pagkatakot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan, at tiyak na hindi sakop ang isa o dalawang usapin lamang. Kung gayon, ano ang naging saloobin ni Satanas sa katunayang ito? (Isang nagdududa at nag-aalinlangang saloobin.) Hindi lang nagdududa si Satanas, itinatwa rin niya ito. Ang malinaw na ibig sabihin ng kanyang mga salita ay “Napakarami mong ibinigay kay Job, kabilang na ang mga baka, tupa at hindi mabilang na ari-arian. May dahilan siya para sambahin ka. Sinasabi mo na isang perpektong tao si Job, pero walang batayan ang mga salita mo. Ang mga salita mo ay hindi ang katotohanan, hindi tunay, hindi tumpak, at itinatatwa ko ang mga salita mo.” Hindi ba’t ito ang ibig sabihin ni Satanas? (Oo.) Sinabi ng Diyos, “May takot si Job sa Diyos at umiiwas siya sa kasamaan, isa siyang perpektong tao.” Ano ang sinabi ni Satanas? (Sasambahin ba niya ang diyos nang walang dahilan?) Sinabi ni Satanas, “Mali, hindi siya perpektong tao! Nakatanggap siya ng mga pakinabang at pagpapala mula sa iyo, kaya siya may takot sa iyo. Kung kukunin mo ang mga pakinabang at pagpapalang ito, hindi na siya matatakot sa iyo—hindi siya perpektong tao.” Kaya, sa bawat pangungusap na sinasabi ng Diyos, nilalagyan ito ng tandang pananong at ekis ni Satanas. Itinatatwa ni Satanas ang mga salita ng Diyos, at itinatatwa rin nito ang mga depinisyon o pahayag ng Diyos sa anumang bagay. Puwede ba nating sabihin na itinatatwa ni Satanas ang katotohanan? (Oo.) Ito ang katunayan. Kaya, ano ang saloobin ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos na naglalantad, humahatol, at kumakastigo sa sangkatauhan, at naglalatang ng iba’t ibang partikular na hinihingi sa sangkatauhan? Kinikilala ba nila ang mga ito at sinasabi ang “Amen”? Kaya ba nilang sumunod sa mga ito? (Hindi, hindi nila kaya.) Puwede mong sabihin na ang agarang tugon ng mga anticristo sa lahat ng uri ng salita ng Diyos sa kanilang puso ay, “Mali! Ganito ba talaga ito? Bakit ba kung ano ang sinasabi mo ay dapat ganoon talaga? Hindi iyan tama—hindi ako naniniwala ryan. Bakit masyadong hindi kanais-nais ang sinabi mo? Hindi magsasalita ng ganyan ang diyos! Kung ako ang magsasalita, dapat itong sabihin sa ganitong paraan.” Batay sa mga saloobing ito ng mga anticristo patungkol sa Diyos, makakaya ba nilang sundin ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan? Tiyak na hindi. Ito ang kabuktutang taglay nila; ito ang pangalawang aytem. Ang pangatlong

aytem ay kung ano ang iniisip ng mga anticristo tungkol sa layon ng plano ng pamamahala ng Diyos, na kung saan nais ng Diyos na iligtas ang sangkatauhan, at tulutan ang sangkatauhan na makalaya mula sa mga tiwaling disposisyon ni Satanas at sa mga puwersa ng kadiliman at magtamo ng kaligtasan. Bakit sinasabi na buktot ang disposisyon nila? Naniniwala sila na isa itong transaksyon, at pinaniniwalaan pa nga nila na isa lamang itong laro. Isang laro sa pagitan nino? Isang laro sa pagitan ng isang diyos ng alamat at isang grupo ng mga mangmang at hangal na tao na nagnanais makapasok sa kaharian ng langit at makalaya mula sa mundo ng pagdurusa. Isa rin itong transaksyon kung saan ang magkabilang panig ay mga kusang-loob na kalahok, kung saan ang isang panig ay handang magbigay at ang kabilang panig ay handang tumanggap. Ganito ang larong ito. Ganito ang tingin nila sa plano ng pamamahala ng Diyos—hindi ba't ito ang paghahayag ng buktot na disposisyon ng mga anticristo? Dahil puno ng mga ambisyon ang mga anticristo, at dahil nagnanais sila ng isang hantungan at mga pagpapala, binabaluktot nila ang pinakamagandang gawain ng sangkatauhan at ang gawain ng pamamahala ng Diyos para iligtas ang sangkatauhan at ginagawa nila itong isang laro, isang transaksyon—ito ang buktot na disposisyon ng mga anticristo. Dagdag pa rito, mayroon pang isang pagpapamalas ang mga anticristo, na mukhang katawa-tawa at baligho. Bakit ito baligho? Hindi naniniwala ang mga anticristo sa lahat ng gawaing nagawa ng Diyos, hindi rin sila naniniwala na ang lahat ng sinabi ng Diyos ay ang katotohanan at na makapagliligtas sa sangkatauhan, pero walang kapaguran silang handang magtiis ng paghihirap, magbayad ng halaga, at gumawa at magpadali ng transaksyong ito. Hindi ba't nakakatawa ito? Siyempre, hindi ito ang kabuktutan ng mga anticristo, kundi ang kahangalan ng mga anticristo. Sa isang banda, hindi sila naniniwala na umiiral ang Diyos, hindi nila kinikilala na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan, at binabaluktot pa nga nila ang plano ng pamamahala ng Diyos, pero sa kabilang banda, nais pa rin nilang magkamit ng mga personal na pakinabang mula sa mga salita ng Diyos at sa Kanyang plano ng pamamahala. Sa madaling salita, sa isang banda, hindi sila naniniwalang umiiral ang lahat ng katunayang ito, lalo na sa pagiging tunay ng mga ito, habang sa kabilang banda naman, nais pa rin nilang makakuha ng mga pakinabang at samantalain ang bawat pagkakataon, nais na maging oportunista at kamtin ang mga bagay na hindi nila makuha sa mundo, habang iniisip pa rin na napakamautak nila. Hindi ba't nakakatawa ito? Nililinlang nila ang sarili nila at lubha silang hangal.

Kanina lang ay hinimay natin ang buktot na disposisyon ng mga anticristo gamit ang tatlong pagpapamalas, at nagtapos tayo sa isa pa: Napakahangal ng mga anticristo, hindi mo alam kung matatawa ka ba o maiiyak. Ano ang tatlong pagpapamalas? (Una, itinuturing ng mga anticristo na isang transaksyon ang paggawa ng kanilang tungkulin; ikalawa, hindi kinikilala ng mga anticristo ang salita ng Diyos, hindi sila naniniwala na positibong bagay ang salita ng Diyos, at hindi nila kinikilala na ang salita ng Diyos ay makapagliligtas sa mga tao, sa halip, itinuturing nila ang salita ng Diyos bilang mga teorya at islogan; ikatlo, itinuturing ng mga anticristo ang gawain ng pamamahala ng

Diyos upang iligtas ang sangkatauhan bilang isang lantarang transaksyon at isang laro.) At ano ang isa pang pagpapamalas? (Ang pagiging katawa-tawa at matinding kahangalan ng mga anticristo.) Hindi ba't masyadong partikular ang mga ito? (Oo.) Masasabi ba ninyo na ang uri ng taong nagtataglay ng ganitong disposisyon ay may medyo di-normal na kalagayan ng pag-iisip at pangangatwiran? (Oo.) Sa anong paraan sila di-normal? (Gusto ng mga anticristo na makipagtransaksyon sa Diyos at makatanggap ng kinabukasan at hantungan mula sa Diyos, pero hindi pa rin sila naniniwala sa plano ng pamamahala ng Diyos o na kayang iligtas ng Diyos ang sangkatauhan. Ang pag-iisip nila ay magkasalungat, ang mga bagay na gusto nila ay ang mga bagay na itinatatwa nila. Likas itong walang katuturan, kaya di-normal ang kanilang katwiran at may problema sa kanilang kalagayan ng pag-iisip.) Ipinapakita nito na wala silang normal na pagkatao. Hindi nila alam na kinokontra nila ang kanilang sarili sa mga ganitong paraan ng pag-iisip at kalkulasyon. Paano ito nangyayari? (Palagi nilang sinusunod ang maling landas dahil hindi nila kailanman tinatanggap o isinasagawa ang katotohanan.) At alam ba nila na mali ang landas na tinatahak nila? Tiyak na hindi nila alam. Kung alam nila na hahantong ito sa pagdurusa ng kawalan, tiyak na hindi nila ito gagawin. Iniisip nila na kung gagawin nila ito, magkakaroon sila ng kalamangan: "Tingnan ninyo kung gaano ako katalino. Wala sa inyo ang nakakikilatis sa mga bagay-bagay; mga hangal kayong lahat. Bakit masyado kayong taong totoo? Nasaan ang diyos? Hindi ko siya makita o mahawakan, at walang garantiya na maisasakatuparan ang mga pangako ng diyos! Tingnan ninyo kung gaano ako katalas mag-isip—kapag humahakbang ako pasulong, sampung hakbang sa unahan na ang iniisip ko, pero hindi man lang kayo nagkakalkula para sa isang hakbang." Iniisip nila na napakamautak nila. Kaya, pagkatapos ng dalawa o tatlong taon ng paggawa ng kanilang tungkulin, iniisip ng ilang tao: "Ilang taon ko nang ginagawa ang tungkulin ko pero wala pa rin akong napalang kahit ano, wala akong nasaksihang anumang milagro o nakitang kakaibang mga penomena. Kumakain ako nang tatlong beses sa isang araw noon, at ganoon pa rin ngayon. Kung makakaligtaan kong kumain sa oras ng kainan, magugutom ako. Kung mababawasan ng isa o dalawang oras ang tulog ko sa gabi, aantukin pa rin ako sa umaga. Hindi naman ako nagkaroon ng anumang espesyal na kapangyarihan! Sinasabi ng lahat na makapangyarihan ang diyos at makakatanggap ka ng mga dakilang pagpapala kung gagawin mo ang iyong tungkulin. Ilang taon ko nang nagawa ang tungkulin ko, pero wala namang nag-iba. Hindi ba't ganito pa rin ito? Madalas akong may kahinaan, pagkanegatibo, at mga reklamo. Sinasabi ng lahat na kayang baguhin ng katotohanan ang mga tao at kayang baguhin ng salita ng diyos ang mga tao, pero hindi pa rin ako nagbago kahit kaunti. Sa puso ko, madalas pa rin akong nangungulila sa mga magulang ko, sa mga anak ko, at ginugunita ko pa nga ang dati kong buhay sa mundo. Kung gayon, ano ba talaga ang ginagawa ng diyos sa mga tao? Ano ba ang nakamit ko? Sinasabi ng lahat na kapag ang mga tao ay nananampalataya diyos at natatamo ang katotohanan, mayroon silang nakakamit, pero kung mayroon nga, hindi ba't magiging iba na sila sa karamihan? Ngayon, tumatanda

na ako, at hindi na kagaya ng dati ang kalusugan ko. Dumami na rin ang mga kulubot sa mukha ko. Hindi ba't sinasabi nila na mas bumabata ang mga taong nananampalataya sa diyos habang mas tumatagal ang pamumuhay nila? Bakit tumatanda ako sa halip na bumabata? Hindi bale, hindi naman tumpak ang mga salita ng diyos; kailangan kong magplano para sa sarili ko. Nakikita ko na ito na lang ang lahat ng napapala sa pananampalataya sa diyos, araw-araw na abala sa pagbabasa ng salita ng diyos, pagdalo sa mga pagtitipon, pagkanta ng mga himno, at paggawa ng aking tungkulin. Mukhang nakababagot ito at wala akong nararamdamang pagkakaiba sa dati." Kapag ganito na ang iniisip nila, magkakaproblema sila, hindi ba? Patuloy nilang iniisip, "Nagdurusa na talaga ako ngayon sa paggawa ng aking tungkulin, tila napakalayo ng mga pangako at pagpapala ng diyos. Bukod pa rito, namamatay sa mga sakuna ang ilang taong nananampalataya sa diyos, kaya mayroon nga bang proteksyon ng diyos sa tao? Sabihin nating hindi, kung gayon, ang mga artikulo ng patotoo na isinulat ng ilang tao na nagsasabing gumawa ng mga milagro ang diyos para iligtas ang buhay nila sa mga pinakamapanganib na sandali, totoo ba ang mga ito o hindi?" Pinag-iisipan nila ito nang mabuti, at sa puso nila, hindi sila nakatitiyak, at kapag ipinagpapatuloy nila ang paggawa ng kanilang tungkulin, wala na silang sigla at gana, at hindi na sila aktibo. Palagi silang umaatras at nagsisimula silang gumawa sa mga bagay-bagay nang wala sa loob at maging pabasta-basta sa paggawa ng mga bagay-bagay. Ano ang mga kinakalkula nila sa isipan nila? "Kung hindi ako makatatanggap ng mga pagpapala, kung palagi na lang ganito, kailangan ko nang gumawa ng ibang mga plano. Kailangan kong planuhin ulit kung ipagpapatuloy ko pa ba ang tungkulin ko o hindi, at kung paano ko ito gagawin sa hinaharap. Hindi na ako dapat maging ganito kahangal. Kung hindi, hindi ko makukuha ang aking kinabukasan at tadhana sa hinaharap, o ang aking korona, at hindi ko rin matatamasa ang makamundong kaligayahan. Kapag nagkagayon, hindi ba't magiging walang saysay at sayang lang ang lahat ng pagsisikap ko? Kung patuloy akong walang matatanggap gaya ngayon, mas mabuti pa pala ang lagay ko noon, nagtatrabaho at naghahangad sa mundo habang paimbabaw na nananampalataya sa diyos. Kung hindi kailanman sasabihin ng diyos kung kailan matatapos ang gawain, kung kailan niya gagantimpalaan ang mga tao, kung kailan matatapos ang tungkulin, at kung kailan hayagang magpapakita ang diyos sa sangkatauhan, kung hindi kailanman bibigyan ng diyos ng mga tumpak na paliwanag ang mga tao, ano pa ang silbi ng pag-aaksaya ko ng oras dito? Mas mabuti pang bumalik na lang ako sa paghahanapbuhay sa mundo at pagtatamasa ng makamundong kaligayahan. Kahit papaano, hindi masasayang ang buhay ko. Tungkol naman sa mundong darating, sino ba ang nakakaalam? Lahat ng ito ay lingid sa kaalaman, kaya sa ngayon, mabuti pang sulitin ko na lang ang buhay na ito." Hindi ba't may naging pagbabago sa isipan nila? Kapag nagkakalkula sila sa ganitong paraan at tinatahak nila ang maling landas, magagawa pa ba nila nang maayos ang mga tungkuling hawak nila? (Hindi.) May ilang tao na nagsasabi: "Mahilig ang mga anticristo sa katayuan, hindi ba? Kung bibigyan mo sila ng posisyon, hindi ba't mananatili

sila sa sambahayan ng Diyos?” Kailangan ba ng mga anticristo ng katayuan sa panahong ito? Marahil, hindi ang katayuan ang pinakamahalaga para sa kanila sa oras na ito. Ano ang kailangan nila? Ang kailangan nila ay bigyan sila ng Diyos ng tumpak na paliwanag. Kung hindi sila makapagkakamit ng mga pagpapala, aalis sila. Sa isang banda, kung hindi sila mailalagay sa isang mahalagang posisyon habang ginagawa ang kanilang tungkulin, pakiramdam nila ay walang kasiguruhan, malabo at walang pag-asa ang kanilang kinabukasan. Sa kabilang banda, kung habang ginagawa ang kanilang tungkulin, hindi kailanman nangyayari ang mga inaasahan nila—kung hindi nila personal na nasasaksihan ang pagbaba ng Diyos nang may kaluwalhatian sa araw na matapos ang Kanyang dakilang gawain, o kung hindi sasabihin sa kanila ng Diyos sa malinaw na wika kung anong taon, buwan, araw, oras, at minuto Siya hayagang magpapakita sa sangkatauhan, kung kailan matatapos ang gawain ng Diyos, at kung kailan darating ang malalaking kalamidad, kung hindi Niya sasabihin ang mga bagay na ito sa kanila sa malinaw na wika, hindi mapapanatag ang kanilang puso. Hindi nila nagagawa ang kanilang mga tungkulin habang nananatili sa kanilang tamang puwesto, at hindi nila kayang makontento sa sitwasyong ito. Ang gusto nila ay resulta, gusto nila na bigyan sila ng Diyos ng pahayag sa tumpak na wika at bigyang-kakayahan sila na matiyak kung maaari ba nilang matanggap ang lahat ng bagay na inaasam nila. Kung naghihintay sila nang napakatagal para sa pahayag na ito at wala pa rin, iba na naman ang kakalkulahin nila sa kanilang isipan. Anong kalkulasyon iyon? Kakalkulahin nila kung sino ang makapagbibigay sa kanila ng kaligayahan, sino ang makapagbibigay ng mga bagay na gusto nila, at kung hindi nila makukuha ang mga bagay na iyon sa mundong darating, kailangan nilang makuha ang lahat ng inaasam nila ngayon sa buhay na ito. Kung makapagbibigay sa kanila ang mundong ito at ang sangkatauhan ng mga pagpapala, kaginhawahan at mga kasiyahan ng laman, at ng isang reputasyon at katayuan sa buhay na ito, tatalikuran nila ang Diyos anumang oras, sa anumang sitwasyon, at mamumuhay sila ng magandang buhay. Ito ang mga kinakalkula ng mga anticristo. Sa sambahayan ng Diyos, kaya nilang bitiwang ang kanilang tungkulin at ihinto ang gawaing hawak nila anumang oras at sa anumang sitwasyon, para hangarin ang mga makamundong kaligayahan at kinabukasan. Nagagawa pa ngang ipagkanulo ng ilan ang mga kapatid, ipagkanulo ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, at ipagkanulo ang Diyos para makakuha ng mga makamundong pakinabang at kinabukasan. Kaya, gaano man kahusay tingnan ang mga anticristo sa paggampan nila sa kanilang mga tungkulin, gaano man sila kamapagkompetensiya, lahat sila ay kayang bitiwang ang kanilang mga tungkulin, ipagkanulo ang Diyos, at iwan ang sambahayan ng Diyos sa anumang oras, sa anumang sitwasyon. Kaya nilang ipagkanulo ang sambahayan ng Diyos sa anumang oras, sa anumang sitwasyon, nagiging isang Huday. Kung ginagawa ng mga anticristo ang kanilang mga tungkulin, di-maiiwasang gagamitin nila ito bilang isang bentaha. Tiyak na susubukan nilang tugunan ang kanilang sariling pagnanais na magkamit ng mga pagpapala sa loob ng maikling panahon—sa pinakamababa ay susubukan muna

nilang tugunan ang kanilang pagnanais para sa mga pakinabang ng katayuan at kamtin ang paghanga ng iba, at pagkatapos ay susubukang pumasok sa kaharian ng langit at tanggapin ang kanilang gantimpala. Ang oras na inilaan nila sa paggawa ng tungkulin nila ay maaaring tatlong taon, o lima, o kahit sampu o dalawampung taon pa nga. Ito ang nakalaang oras na ibinibigay nila sa Diyos, at ito rin ang pinakamahabang oras na ibinibigay nila sa kanilang sarili sa paggawa ng kanilang tungkulin. Kapag naubos na ang nakalaang oras na ito, umabot na rin sa hangganan nito ang kanilang pagtitiis. Habang kaya nilang makipagkompromiso para sa kanilang sariling pagnanais para sa mga pagpapala, sa isang magandang hantungan, sa isang korona at mga gantimpala, at kaya nilang magtiis ng paghihirap at magbayad ng halaga sa sambahayan ng Diyos, hindi kailanman nagiging dahilan ang paglipas ng panahon upang makalimutan o mabitiwan nila ang kanilang kinabukasan at tadhana, o ang kanilang mga pansariling ambisyon at pagnanais, at lalong hindi magbabago o manghihina ang mga bagay na ito sa paglipas ng panahon. Kaya, batay sa diwang ito ng mga anticristo, sila ay lubusang mga hindi mananampalataya at mga oportunista na ayaw sa mga positibong bagay at nagmamahal lang sa mga negatibong bagay, isang grupo ng mga taong mababang-uri na nagpapanggap lamang sa loob ng sambahayan ng Diyos, kahiya-hiya ang mga taong ito.

Isa sa mga pangunahing intensiyon at saloobin ng mga anticristo sa kanilang tungkulin ay ang gamitin ito bilang isang pagkakataon para makipagtransaksiyon sa Diyos at para makamit ang mga pakinabang na nais nila. Naniniwala rin sila: “Kapag tinatalikuran ng mga tao ang kanilang mga pamilya at tinatalikuran ang kanilang mga makamundong kinabukasan para gawin ang kanilang tungkulin sa sambahayan ng diyos, hindi na kailangang ipaliwanag na dapat may makamit sila, may makuhang kapalit, ito lang ang patas at makatwiran. Kung ginagawa mo ang tungkulin mo at wala kang natatanggap, kahit pa nakakatanggap ka ng ilang katotohanan, hindi sulit ito. Ang pagbabago sa disposisyon ay hindi rin ganoon kakongkretong pakinabang—kahit na nakatanggap ka ng kaligtasan, walang makakakita nito!” Nagbubulag-bulagan ang mga hindi mananampalatayang ito sa anumang hinihingi ng Diyos sa sangkatauhan. Hindi nila ito kinikilala o pinaniniwalaan, at mayroon silang saloobin ng pagtatwa. Batay sa mga saloobin at intensiyon ng mga anticristo sa pagtrato nila sa kanilang tungkulin, malinaw na hindi sila mga taong naghahangad sa katotohanan, kundi mga hindi mananampalataya at mga oportunista; sila ay kay Satanas. Narinig na ba ninyo na kaya ni Satanas na tapat na gumawa ng tungkulin? (Hindi.) Kung kaya ni Satanas na gawin ang “tungkulin” nito sa harap ng Diyos, dapat na nakapaloob sa mga panipi ang tungkuling ito dahil ginagawa ito ni Satanas nang pasibo at sapilitan lamang, si Satanas ay pinapakilos ng Diyos, at ginagamit ito ng Diyos. Kaya, dahil sa kanilang anticristong diwa, at dahil hindi nila mahal ang katotohanan, dahil tutol sila sa katotohanan, at higit pa rito, dahil sa kanilang buktot na kalikasan, hindi kayang gawin ng mga anticristo ang kanilang mga tungkulin bilang mga nilikha nang walang kondisyon o walang kabayaran, at hindi rin nila kayang hangarin o kamtin ang katotohanan habang ginagawa ang

kanilang mga tungkulin, o gawin ang mga ito ayon sa mga hinihingi ng mga salita ng Diyos. Dahil sa kalikasan nilang ito, sa saloobin ng pagtrato nila sa kanilang mga tungkulin at dahil sa iba't ibang pagpapamalas habang ginagawa ang kanilang mga tungkulin, ang pagtrato ng mga anticristo sa kanilang tungkulin ay nagiging pabaya. Habang ginagawa ang kanilang mga tungkulin, kaya nilang gumawa ng kasamaan at gampanan ang papel ng panggagambala at panggugulo sa gawain ng sambahayan ng Diyos sa anumang oras, sa anumang sitwasyon. Ano ang pangunahin at prominenteng pagpapamalas habang ginagawa nila ang kanilang mga tungkulin? Ito ay ang sutil at basta-bastang pagkilos, ang pagiging batas sa sarili nila, at paggawa ng mga bagay-bagay nang hindi kumokonsulta sa iba. Ginagawa nila ang mga bagay-bagay sa kahit anong paraan na gusto nila, nang hindi isinasaalang-alang ang mga kahihinatnan. Iniisip lang nila kung paano sila makakalamang at kung paano nila makokontrol ang mas maraming tao sa pamamagitan ng paggawa ng kanilang mga tungkulin. Gusto lang nilang ipakita sa Diyos na nagtiis sila ng paghihirap at nagbayad ng halaga sa paggawa ng kanilang mga tungkulin, na mayroon silang kapital at may karapatang humingi sa Diyos ng mga gantimpala at isang korona, para maisakatuparan ang kanilang mga ambisyon at pagnanais at makamit ang kanilang layon na makatanggap ng mga pagpapala.

Habang ginagawa ang kanilang mga tungkulin, palaging nagkakalkula ang mga anticristo para sa kanilang sariling kinabukasan at tadhana: kung ilang taon na nilang ginagawa ang kanilang mga tungkulin, kung gaano karaming paghihirap ang tiniis nila, gaano karami ang tinalikuran nila para sa Diyos, gaano kalaki ang halagang ibinayad nila, gaano karaming lakas ang naigugol nila, ilang taon ng kanilang kabataan ang isinuko nila, at kung may karapatan na ba sila ngayon na tumanggap ng mga gantimpala at ng korona; kung sapat na ba ang kanilang naipon na kapital sa mga taon na ginagawa nila ang kanilang mga tungkulin, kung sa mga mata ng Diyos, sila ba ay isang taong pinapaboran sa harap Niya, at kung sa mga mata ng Diyos, sila ba ay isang taong maaaring tumanggap ng mga gantimpala at ng isang korona. Habang ginagawa nila ang kanilang mga tungkulin, patuloy silang nagtitimbang, nagkakalkula, at nagpaplano sa ganitong paraan, habang inoobserbahan ang mga salita at ekspresyon ng iba at ang mga pagsusuri at pahayag ng mga kapatid tungkol sa kanila. Siyempre, ang pinakapinag-aalala nila ay kung alam ba ng ang Itaas na umiiral sila, at na ginagawa nila ang kanilang mga tungkulin. Mas ipinag-aalala pa nga nila kung ano ang tingin ng ang Itaas sa kanila, kung ano ang sinasabi at pagsusuri ng ang Itaas tungkol sa kanila, kung nauunawaan ba ng ang Itaas ang kanilang “masisidhing intensiyon” sa pagdurusa ng paghihirap at pagbabayad ng halaga, kung malinaw na alam ng ang Itaas ang pagdurusa at mga kapighatian na tiniis nila sa mga taon na sumusunod sila sa Diyos, at kung paano hinahatulan ng Diyos sa langit ang lahat ng kanilang ginagawa. Kasabay ng pagpapakaabala nila sa mga tungkuling hawak nila, patuloy ring nagkakalkula ang isipan nila, at hinahangad nilang makapangalap ng impormasyon mula sa iba't ibang mapagkukunan at timbangin kung makakaiwas ba sila sa mga sakuna, makakapagkamit ng pagsang-ayon ng Diyos at

makakatanggap ng di-kilalang koronang iyon at ng mga pagpapala. Ito ang mga bagay na madalas nilang kinakalkula sa kaibuturan ng kanilang puso, ang pinakapangunahin at pinakakaibuturang bagay na kinakalkula nila sa kada sandali ng bawat araw. Gayumpaman, hindi nila kailanman sinubukang pagbulayan o pagnilayan kung sila mismo ay mga taong nagsasagawa sa katotohanan; kung gaano karaming katotohanan ang nauunawaan nila; kung gaano karaming katotohanang nauunawaan nila ang aktuwal nilang maisasagawa; kung tunay na bang nagbago ang kanilang disposisyon; kung mayroon bang kahit katiting na sinseridad, o anumang mga karumihan, transaksyon, o kahilingan na nakapaloob sa mga bagay na ginagawa nila para sa Diyos; kung gaano karaming katiwalian ang ibinunyag nila sa paggampan ng kanilang mga tungkulin; kung ang bawat tungkulin at gampaning ginagawa nila araw-araw ay ginagawa ba ayon sa mga katotohanang prinsipyo; at kung pasok ba sa pamantayan ang paggampan nila sa kanilang mga tungkulin at kung natutugunan nito ang mga layunin ng Diyos. Hindi nila kailanman pinagninilayan o sinusubukang pagbulayan ang mga bagay na ito. Kinakalkula lang nila kung maaari ba silang magkamit ng mga pagpapala sa hinaharap at kung ano ang hantungan nila. Kinakalkula lang nila ang kanilang sariling mga interes at sariling mga pakinabang at kawalan, pero hindi sila kailanman gumugugol ng anumang lakas o pagsisikap para sa katotohanan, sa pagbabago ng disposisyon, o sa kung paano matugunan ang mga layunin ng Diyos. Ang mga anticristo ay hindi kailanman nagsasagawa ng pagninilay-nilay, pagkilala, o paghihimay-himay sa kanilang sariling tiwaling disposisyon o sa mga maling landas na tinahak nila, at hindi nila kailanman iniisip kung paano babaguhin ang kanilang sariling maling perspektiba. Hindi sila kailanman mamumuhi na nilabag nila ang katotohanan at na gumawa sila ng maraming masamang bagay para labanan ang Diyos, hindi nila kailanman kamumuhian ang kanilang sarili dahil namumuhay sila ayon sa kanilang tiwaling disposisyon, at hindi sila kailanman makakaramdam ng pagsisisi sa mga maling landas na tinahak nila o sa mga bagay na ginawa nila para manggambala at manggulo. Habang ginagawa ang kanilang tungkulin, bukod sa tinatago nila ang kanilang sariling kakulangan, mga kahinaan, pagiging negatibo, pagiging pasibo, at tiwaling disposisyon kahit anong mangyari, ginagawa nila ang lahat ng kanilang makakaya para itanghal ang kanilang sarili para makalamang, at iniisip nila ang lahat ng posibleng paraan para ipakita sa Diyos at sa hinirang na mga tao ng Diyos ang kanilang mga talento, kaloob, at abilidad. Ginagamit nila ito para aluin ang kanilang sarili at ipaisip sa kanilang sarili na mayroon silang kapital at katiyakan na makakakuha sila ng korona at mga gantimpala, at na hindi na sila kailangang tumahak sa landas ng paghahangad sa katotohanan. Samakatwid, hindi matino ang katwiran ng mga anticristo. Gaano man pinagbabahaginan ang katotohanan, at gaano man ito kalinaw na pinagbabahaginan, hindi pa rin nila nauunawaan ang mga layunin ng Diyos o kung para saan ba talaga ang pananampalataya sa Diyos, at kung ano ang tamang landas na dapat tahakin ng mga tao. Dahil sa kanilang buktot na disposisyon, dahil sa kanilang buktot na kalikasan, at dahil sa kalikasang diwa ng mga gayong tao, sa

loob-loob ay hindi nila matukoy kung ano talaga ang katotohanan at ano ang mga positibong bagay, kung ano talaga ang tama at ano ang mali. Mahigpit nilang pinanghahawakan ang kanilang sariling mga ambisyon at pagnanais, itinuturing ang mga ito bilang ang katotohanan, bilang ang tanging mga layon sa buhay, at bilang ang pinakamakatarungang gawain. Hindi nila alam ang katotohanan na kung ang disposisyon ng isang tao ay hindi nagbabago, sila ay magiging kaaway ng Diyos magpakailanman, at hindi nila alam na hindi nakabatay sa kakayahan, mga kaloob, mga talento, o kapital ng isang tao kung anong mga pagpapala ang ibinibigay ng Diyos sa kanya at kung paano tinatrato ng Diyos ang isang tao, kundi nakabatay ang mga ito sa kung gaano karaming katotohanan ang isinasagawa nila at kung gaano karaming katotohanan ang nakakamit nila, at kung sila ba ay isang taong may takot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan. Ito ang mga katotohanang hindi kailanman mauunawaan ng mga anticristo. Hindi ito kailanman makikita ng mga anticristo, at dito sila pinakahangal. Mula simula hanggang katapusan, ano ang saloobin ng mga anticristo sa kanilang tungkulin? Naniniwala sila na isang transaksyon ang paggawa ng tungkulin, na kung sino man ang may pinakamaraming iginugugol sa kanilang tungkulin, may pinakamalaking ambag sa sambahayan ng Diyos, at nagtitiis ng pinakamaraming taon sa sambahayan ng Diyos ay magkakaroon ng mas malaking tsansa na mapagpala at makakuha ng korona sa huli. Ito ang lohika ng mga anticristo. Tama ba ang lohikang ito? (Hindi.) Madali bang baguhin ang ganitong perspektiba? Hindi ito madaling baguhin. Ito ay napagpasyahan ng kalikasang diwa ng mga anticristo. Sa kanilang puso, tutol ang mga anticristo sa katotohanan, hindi nila hinahanap ang katotohanan kahit kaunti, at tinatahak nila ang maling landas, kaya, mahirap baguhin ang kanilang perspektiba ng pakikipagtransaksyon sa Diyos. Sa huli, hindi naniniwala ang mga anticristo na ang Diyos ang katotohanan; sila ay mga hindi mananampalataya, narito sila para mag-espekula at magkamit ng mga pagpapala. Para manampalataya sa Diyos ang mga hindi mananampalataya, ito mismo ay hindi matibay, isa itong kalokohan, at nais nilang makipagtransaksyon sa Diyos at magtamo ng mga pagpapala sa pamamagitan ng pagtitiis ng pagdurusa at pagbabayad ng halaga para sa Diyos, mas lalo pang malaking kalokohan ito.

Nananampalataya lamang ang mga anticristo sa Diyos para magkamit ng mga pagpapala at ng korona. Hindi nila tinahak ang landas na ito dahil may pumilit sa kanila, lalong hindi dahil iniligaw sila ng mga salita ng Diyos. Nagbigay ang Diyos ng mga pangako sa sangkatauhan, ngunit kasabay ng pagbibigay ng mga pangakong ito, nagkaloob din Siya sa kanila ng maraming katotohanan at naglatag ng maraming hinihingi sa kanila na dapat nakikita ng mga normal na tao. Ano ang iniisip ng mga taong may katwiran ng normal na pagkatao? “Hindi madaling kamtin ang mga pagpapalang ito, kaya dapat akong kumilos ayon sa mga hinihingi ng Diyos at tumahak sa tamang landas; hindi ako dapat tumahak sa landas ni Pablo. Kung tatahakin ng mga tao ang landas ni Pablo, tiyak na katapusan na nila. Kapag nananampalataya, tumatanggap, at nagpapasakop sa mga salita ng Diyos ang mga tao, saka lang magkakaroon ng

anumang kinalaman sa kanila ang lahat ng pangako, pagpapala, kinabukasan at tadhana na binanggit ng Diyos. Kung hindi sila mananampalataya, hindi tatanggap, at hindi magpapasakop sa mga salitang ito ng Diyos, kung gayon, hindi magkakaroon ng anumang kinalaman sa kanila ang lahat ng pangako at pagpapalang ito na sinabi ng Diyos.” Ganito ang iisipin ng mga taong may katwiran ng normal na pagkatao. Pero bakit hindi ganito mag-isip ang mga anticristo? Ang mga anticristo ay mga Satanas, sila ay mga diyablo, at wala silang katwiran ng normal na pagkatao—ito ang unang dahilan. Pangalawa, ang mga anticristo ay tutol sa katotohanan, hindi naniniwala sa bawat salita na sinabi ng Diyos, at tutol sa mga positibong bagay. Kaya ba ng isang taong hindi kumikilala sa katotohanan at tutol sa mga positibong bagay na magsagawa ayon sa katotohanan at sa mga positibong bagay? (Hindi.) Para itong pagpapakain ng damo sa isang lobo tulad ng ginagawa ng tupa—likas na hindi nila kayang gawin iyon. Kapag walang karne at malapit na silang mamatay sa gutom, maaaring mapilitan silang kumain ng kaunting damo, ngunit kapag may karne nang makakain, ang una nilang pipiliin ay tiyak na ang kumain ng karne; ito ay itinatakda ng kalikasan ng lobo. Ganoon ang kalikasan ng mga anticristo. Ang mga interes nila ay maaaring magtulak sa kanila na magpakita ng ilang mabuting pag-uugali, magbayad ng partikular na halaga, at magpakita ng ilang mabuting pagpapamalas, pero hindi nila kailanman maisusuko ang paghahangad at pagnanais para sa mga pakinabang na ito. Halimbawa, ang hinahangad nila habang ginagawa ang kanilang tungkulin ay mga pansariling interes, at ang iniisip nila ay kung paano gawing kapital ang paggawa ng kanilang tungkulin para magkamit ng mga pagpapala para sa kanilang sarili. Sa sandaling masira ang pag-asa na ito, at sa sandaling gumuho ang depensang ito, kaya nilang talikuran ang kanilang tungkulin sa anumang oras, sa anumang sitwasyon. Kapag dumating ang oras na iyon, at sinabi mo sa kanila kung gaano kabuti at gaano kaganap na likas at may katwiran ang paggawa ng tungkulin, makikinig pa kaya sila? (Hindi.) Kapag napagdesisyunan na nilang sumuko at umalis, sinusubukan silang kumbinsihin ng mga tao: “Dapat kang manatili. Ang paggawa ng tungkulin mo ay napakaganda at ang bumalik sa mundo ay napakahirap. Wala kang mapapala, maaapi ka lang at lubhang mapapagod, hindi mo makakamit ang katotohanan at hindi ka magkakaroon ng pagkakataon na maligtas.” Maaaring iniisip ng mga tao na ayos lang na magbigay ng payo sa kanila, pero bukod sa hindi sila mananatili, iiyak din sila sa kahihiyan. Bakit sila iiyak? (Dahil pakiramdam nila ay naagrabyado sila.) Totoo ito. At paano sila naagrabyado? (Pakiramdam nila ay naagrabyado sila dahil nagtiis sila ng napakaraming pagdurusa at nagbayad ng malaking halaga pero hindi nila nakamit ang gusto nila.) Iniisip nila na wala silang nakamit, at puno sila ng mga hinaing. Gumagawa ng napakadakilang gawain ang Diyos, at hindi sila kailanman naantig nito, hindi rin sila kailanman napaluha dahil dito, ngunit kapag sinusubukan silang kumbinsihin ng iba, nagsisimula silang umiyak. Kung naramdaman nilang naagrabyado sila, bakit hindi nila ito sinabi? Hindi ba’t masosolusyunan ang mga bagay-bagay kung sasabihin nila ito nang malinaw? Ano ang iniyakan nila? Bakit hindi na lang direktang magsalita?

Dahil di-mailarawan ng kanilang mga iniisip na sila mismo ay nahihiyang pag-usapan ang mga ito. Sa simula, nanumpa sila sa Diyos na yumanig sa langit at lupa, at paano naman ngayon? “Pinagsisisihan ko ang ginawa ko; paanong naging napakahangal ko? Kung alam ko lang na aabot sa ganito, hindi sana ako kumilos nang gaya sa ginawa ko noon! Wala pa akong nauunawaan noon. Sinabi nila na maganda ang manampalataya sa diyos, kaya nanampalataya ako sa kanya. Tinalikuran ko pa nga ang pamilya at trabaho ko para gawin ang aking tungkulin sa sambahayan ng diyos. Nagdusa ako nang husto, inusig ako, at inaresto ako, pero wala akong anumang nakamit sa paggawa ng tungkulin ko nitong mga nakaraang taon.” Nakakaramdam sila ng pagkaagrabyado at kalungkutan, at pinagsisisihan nila ang lahat ng nagawa nila. Sa tingin nila ay hindi ito sulit at akala nila ay naloko at nadaya sila. Ano sa tingin ninyo ang dapat gawin sa ganitong uri ng tao? (Dapat silang paalisin kaagad.) Susubukan pa rin ba ninyong kumbinsihin sila? (Hindi.) Kung patuloy pa rin ninyong susubukang kumbinsihin sila, magpapagulong-gulong sila sa sahig at mag-aalboroto. Talagang hindi ninyo dapat subukang kumbinsihin ang mga gayong tao.

Ang sambahayan ng Diyos ay ang mabuting lupain ng Canaan. Isa itong piraso ng dalisay na lupain. Pumupunta ang mga tao sa sambahayan ng Diyos at tumatanggap ng paghatol at pagpungos ng mga salita na nagmumula sa Diyos, at natatanggap nila ang Kanyang panustos, tulong, paggabay, at mga pagpapala. Personal na gumagawa at nagpapastol ang Diyos, at kahit na kailangang magbayad ng kaunting halaga at magtiis ng kaunting paghihirap ang mga tao, sulit ito. Sulit ang lahat ng ginagawa ng mga tao para makalaya sa masamang mundong ito, para mabago ang kanilang mga disposisyon, at para maligtas sila. Pero para sa mga anticristo, kung hindi ito para magkamit ng mga pagpapala o gantimpala, kung walang korona at mga gantimpala, hindi sulit na gawin ang lahat ng bagay na ito—pawang kahangalan ang mga kilos na ito, at pawang mga pagpapamalas na nadaya sila. Gaano man katibay ang determinasyon nila o gaano man katayog ang ginawa nilang panunumpa dati, ang lahat ay madali lang burahin at hindi mabibilang. Kung magdurusa sila at magbabayad ng halaga sa paggawa ng kanilang tungkulin nang ganito, at sa huli ay wala silang anumang makakamit, kung gayon, mas mabuti pang takasan nila ang “magulong lugar” na ito sa lalong madaling panahon. Itinuturing ng mga anticristo ang paggugol ng kanilang sarili para sa Diyos, pagdurusa ng paghihirap, at pagbabayad ng halaga habang ginagawa ang kanilang tungkulin bilang mga bagay na wala silang mapagpipilian kundi gawin ang mga ito, at bilang mga kapalit para magtamo ng kapital, para ipalit sa isang korona at mga gantimpala. Ang mismong panimulang puntong ito ay mali, kaya ano ang resulta sa huli? Para sa ilang tao, kumukupas ang paggampaan nila sa kanilang tungkulin at hindi sila makapagtrabaho hanggang sa huli. Kasabay nito, dahil sa kanilang kalikasang diwa, palaging nilalabag ng mga gayong tao ang mga katotohanang prinsipyo habang ginagawa ang kanilang tungkulin, kumikilos sila nang walang pakundangan at padalos-dalos at gumagawa lang ng mga bagay na nakakagambala at nakakagulo. Kaya, ano ang nagiging resulta ng

mga tungkuling ginagawa nila? Sa pananaw ng Diyos, ang mga ito ay hindi mabubuting gawa kundi masasamang gawa, at napakarami ng mga ito. Ang mga gayong resulta ay may pinag-uugatan. Kaya bang kumilos nang ayon sa mga salita ng Diyos ang isang tao na sadyang hindi nananampalataya sa katotohanan o sa mga salita Niya? Tiyak na hindi. Maghahanap lang siya ng bawat pagkakataon para ipangalandakan ang kanyang sarili, umangkin ng kapangyarihan, kontrolin ang iba, kontrolin ang pag-uugali at mga kaisipan ng iba, at kontrolin pa nga ang lahat ng tungkol sa mga tao para sa sarili niyang mga layon. Samakatwid, ang ilan sa mga taong ito na gumagawa ng maraming masamang gawa ay pinatataksik, at ang ilan na medyo taksil at magaling sa pagpapanggap ay nananatili pa rin sa sambahayan ng Diyos. Bakit sinasabi na nananatili sa sambahayan ng Diyos ang mga taong ito? Ang mga taong ito ay hindi nakagawa ng lantarang kasamaan, at ang ilan sa kanila ay marunong pa ngang lumugar at maayos ang asal at masunurin, ginagawa ang anumang inuutos sa kanila, ngunit pagdating sa kanilang diwa, hindi nila kayang tuparin ang kanilang mga tungkulin at obligasyon sa abot ng kanilang makakaya. Hindi nila iginugugol ang sarili nila para sa Diyos, sa halip, iniraraos lang nila ang gawain at pinalilipas ang oras, naniniwala na kung magtitiis sila hanggang sa huli, may mapapanalunan at makakamit sila. Anong klaseng mga tao sila? Sila iyong mga oportunista, mga taong sa esensiya ay hindi naghahangad sa katotohanan. Nakagawa ng ilang kasamaan sa sambahayan ng Diyos ang ilang tao, pero ayon sa mga atas administratibo ng sambahayan ng Diyos, hindi pa sila umaabot sa antas na paaalisin o patataksikin sila, at ginagawa pa rin nila ang kanilang mga tungkulin. Sa totoo lang, sa kaloob-looban nila, alam nila na ang dahilan kung bakit hindi pa sila pinapaalis o pinatataksik ng sambahayan ng Diyos ay hindi dahil sa wala itong gaanong nalalaman tungkol sa kanila o hindi nito alam ang tunay nilang kalagayan, bagkus ay mayroong iba't ibang kadahilanan. Ang ilan sa mga taong ito na hindi pinatataksik ay mga anticristo rin. Bakit Ko sinasabi ito? Ito ay dahil ang mga taong ito ay walang pagkakataon sa ngayon, pero batay sa kanilang kalikasang diwa, sa sandaling magkamit sila ng katayuan at magkaroon ng kapangyarihan, agad silang gagawa ng maraming kasamaan. Dagdag pa rito, kahit hindi pa pinapaalis sa sambahayan ng Diyos ang mga taong ito, kadalasan, mas nakalalamang ang mga negatibo kaysa sa positibo pagdating sa paggampan nila sa kanilang mga tungkulin. Madalas silang gumagawa ng masasamang bagay, mga bagay na nakakapinsala sa mga interes ng sambahayan ng Diyos. Bagama't sila mismo ay alam ito, hindi sila kailanman nakakaramdam ng pagsisisi, hindi kailanman iniisip na may mali silang nagawa, at hindi kailanman iniisip na hindi sila dapat kumilos nang ganito. Wala silang mga pagsisisi, at sa halip, anong uri ng kalagayan ang umuusbong sa puso nila? "Hangga't hindi ako pinatataksik ng sambahayan ng diyos, magpapalipas na lang ako ng oras dito at iraraos ko lang ang mga gawain hanggang sa matapos na ang oras ko. Hindi ko hahangarin ang katotohanan, at kung may ipapagawa sila sa akin, gagawin ko lang ang kaya ko. Kung masaya ako, medyo mas marami pa ang gagawin ko, at kung hindi ako masaya, kaunti lang ang gagawin ko. Isa pa, kailangan ko silang pigilan at kailangan

kong magkalat ng pagkanegatibo at mga kuru-kuro, magkalat ng ilang mapanghusgang salita. Kapag dumating na ang oras, kahit na paalisin at patalsikin nila ako at wala akong nakakamit na anumang pagpapala, gagamitin ko ang ilang tao bilang sangkalan at isasama ko ang ilan sa pagbagsak ko.” Hindi ba’t masama ang mga taong ito? Inoobserbahan nila kung sino ang mga taong walang pagkilatis, sino ang mga madalas na mahina at negatibo, sino ang mga may masamang pagkatao, sino ang mga mahalay, at sino ang tila mga walang pananampalataya, at pagkatapos, inaakit nila ang mga taong ito at nagpapakalat sila ng pagkanegatibo sa mga taong ito kapag walang ibang nakakakita. Alam ba nila ang kalikasan ng mga gayong gawain? Alam na alam nila. Kung gayon, bakit kaya pa rin nilang kumilos nang ganito? (Hindi kayang baguhin ang kalikasan nila.) Malinaw sa panlabas na hindi kayang magbago ng kalikasan nila, pero sa realidad, ano ba ang iniisip nila? (Gusto nilang sama-samang bumagsak ang lahat at hayaang mamatay ang iba kasama nila para makaganti sila sa Diyos.) Mayroon silang ganitong mapaminsalang pag-iisip. Alam nila na bilang na ang kanilang mga araw at na sa malao’t madali, kailangan silang paalisin. Alam nila kung ano ang nagawa nila at kung ano ang kalikasan ng mga bagay na ito na nagawa nila, pero bukod sa hindi sila nagbabago, nagsisisi, o bumibitaw sa kasamaang pinanghahawakan nila, sa halip, lalo pa silang nagpapatuloy at kinakayag ang mas maraming pang masamang tao para gumawa ng kasamaan kasama nila. Nagpapakalat pa nga sila ng pagkanegatibo at mga kuru-kuro, na nagiging sanhi para mas marami pang tao ang mag-abandona sa kanilang mga tungkulin at puminsala sa mga interes ng sambahayan ng Diyos. May dala itong kaunting kalikasan ng paghihiganti, at sa paggawa nila nito ay sinasabi nila: “Hindi ko na kayang patuloy na manampalataya, at sa malao’t madali ay tiyak na paaalisin ako ng sambahayan ng diyos, kaya hindi ko ito gagawing madali para sa inyong lahat at para sa sambahayan ng diyos!” Bago pa man gumawa ng anumang desisyon ang sambahayan ng Diyos tungkol sa kanila, nauuna na silang umatake. Hindi ba’t ito ang mga gawa ng masasamang tao? Naniniwala sila, “Wala akong pag-asa na magkamit ng mga pagpapala. Hindi ninyo kailangang sabihin sa akin ang mga bagay na ginawa ko noon—malinaw ko nang naiintindihan ang lahat ng ito. Hindi ninyo ako kailangang patalsikin; kusa na akong susuko.” Naniniwala pa nga sila na ang paggawa nito ay pagkakaroon ng kamalayan sa sarili at pagiging makatwiran, na isa itong matalinong hakbang. Sinasabi nila, “Kung hindi mo ako papayagang magkamit ng mga pagpapala, at wala akong makakamit, bukod sa hindi ako magsisisi, pipigilan din kita, magpapakalat ako ng pagkanegatibo at ng mga kuru-kuro at mga maling paniniwala habang nakatalikod ka. Kung hindi ako magkakamit ng mga pagpapala, huwag mong asahan na magkakamit din ang iba!” Hindi ba’t mapaminsala ang mga gayong tao? Nagpapakalat din ng gayong mga salita ang ilang anticristo: “Ang mga katulad namin ay sinasamantala lamang sa sambahayan ng diyos; napakahangal naming lahat!” Nakikita nila na hindi sila makakapagkamit ng mga pagpapala, kaya partikular nilang pinagtutuunan ang pagpapakalat ng mga bagay na ito sa mga taong negatibo, magulo ang isip, at walang pagkilatis. Hindi ba’t dala

nito ang kalikasan ng panggugulo? Sa sandaling paniwalaan nila na hindi sila makakapanindigan sa sambahayan ng Diyos at na hindi sila pagpapalain, at na paaalisin sila sa malao't madali, ang landas na pinipili nila ay hindi para bitiwang ang kasamaang pinanghahawakan nila at magtapat at magsisi sa Diyos, gawin ang kanilang tungkulin nang may sinseridad, at bumawi sa kanilang mga dating pagkakamali. Sa halip, mas lalo silang nagpupursigi sa pagpapakalat ng pagkanegatibo sa sambahayan ng Diyos, ginugulo ang paggampan ng iba sa mga tungkulin ng mga ito, pinipinsala at ginugulo ang gawain ng sambahayan ng Diyos, sinusubukang itulak ang mas maraming tao na gumawa ng kasamaan katulad nila, maging negatibo at umatras, at talikuran ang paggampan sa mga tungkulin ng mga ito, na nagsasakatuparan sa kanilang layon ng paghihiganti. Hindi ba't ito ang ginagawa ng masasamang tao? Mayroon pa bang Diyos sa puso ng mga gayong tao? (Wala, wala na.) Sa puso nila, mayroong isang malabong Diyos sa langit, at itinuturing nilang isang tao ang Diyos na nakikita ng mga tao sa lupa at ang Siyang gumagawa kasama ng mga tao. Mayroon ding ilang tao na kabaligtaran naman ang ginagawa. Sa puso nila, dati na silang nananampalataya sa isang malabong Diyos, pero sa huli, nagpapasakop sila sa mga taong iniidolo nila bilang mga diyos, kaya nagpapasakop sila sa mga taong ito sa lahat ng kanilang ginagawa. Ano ang ibig sabihin ng manampalataya sa Diyos na parang Siya ay isang tao? Kapag nananampalataya sila sa isang malabong Diyos, naniniwala sila na ang malabong Diyos na ito na hindi nila nakikita ay kayang magkaloob sa kanila ng mga pagpapala at may sapat na kakayahan na dalhin sila sa susunod na kapanahunan at bigyan sila ng mga gantimpala at ng isang korona. Bago pa nila namamalayan, nagsisimula na silang magduda sa praktikal na Diyos sa lupa. Kahit paano nila Siya tingnan, hindi Siya mukhang Diyos, kaya nahihirapan silang manampalataya sa Kanya. Sa puso nila, nananampalataya lamang sila na ang Diyos sa langit ang tunay na Diyos, at dahil ang praktikal na Diyos na nakikita nila ay masyadong hindi kapansin-pansin, normal, at praktikal, sa pananaw nila, hindi taglay ng Diyos na ito ang kinakailangan para manampalataya sila sa Kanya, at itinuturing nila ang Diyos na ito bilang tao. Kapag itinuturing nilang tao ang Diyos, lumilitaw ang kanilang mga paghihirap: "Bukod sa pagbibigay sa mga tao ng katotohanan at ng ilang pangako, ano pa ang kayang gawin ng taong ito? Kahit paano ko siya tingnan, hindi siya kawangis ng diyos at wala siyang maidudulot na anumang pakinabang o benepisyong sa mga tao. Isa lang siyang tao; ano ang kayang gawin ng taong ito? Kung nananampalataya sa diyos ang mga tao, may kaunti pa silang pag-asa, at kaunting espirituwal na suporta. Ngunit kung nananampalataya sila sa isang tao, ano ang mga pakinabang at benipisyong maibibigay ng taong ito sa mga tao? Maisasakatuparan ba ang mga inaasam at suporta ng mga tao sa pamamagitan niya? Mauuwi ba ang mga ito sa wala? Kung isa siyang tao, hindi kinakailangang matakot sa kanya. Sasabihin ko ang dapat kong sabihin at gagawin ang dapat kong gawin sa harap niya." Ganito tinatrato ng masasamang tao ang Diyos. Kapag hindi pa nila Siya nakikita, iniisip nila na ang Diyos ay napakatayog, napakabanal, at talagang hindi nalalabag, pero kapag nakikita nila ang Diyos sa lupa,

hindi na napaninindigan ang kanilang mga imahinasyon at kuru-kuro. Ano ang gagawin nila kapag nangyari ito? Itinuturing nila ang Diyos bilang isang tao. Pagkatapos, naglalaho ang kaunting respeto nila sa Diyos sa puso nila, lalo na ang kanilang pagkasindak at takot sa Kanya. Kung wala ang mga bagay na ito, nagiging mas matapang ang masasamang tao at naglalaho ang kanilang pagiging depensibo at ang pag-iingat sa puso nila, at pagkatapos, mangangahas silang gawin ang anumang bagay. Kahit na manampalataya ang mga gayong tao hanggang sa pinakahuli, sila pa rin ay mga taong lumalaban sa Diyos.

Madali para sa mga anticristo na manampalataya sa Diyos sa langit, pero talagang mahirap para sa kanila ang manampalataya sa Diyos sa lupa. Si Pablo ay isang buhay na halimbawa nito. Ano ang naging huling resulta ng pananampalataya niya kay Cristo? Naging ano sa huli ang layuning hinangad niya sa kanyang pananampalataya kay Cristo? Ginusto niyang maging cristo at palitan si Cristo. Itinatwa niya ang Diyos sa lupa at ginustong magtamo ng korona at mga pagpapala mula sa Diyos sa langit. Ang mga anticristong ito ay eksaktong kapareho ni Pablo. Itinuturing nila ang Diyos sa lupa bilang isang tao, at ang malabong Diyos sa langit na hindi nakikita bilang ang pinakadakilang Diyos sa kanilang puso, na maaaring linlangin, paglaruan ayon sa kanilang kagustuhan, bigyang-pakahulugan sa anumang paraang gusto nila at masailalim sa mga kuru-kuro at malabanan ayon sa nais nila. Ito ang pagkakaiba sa kung paano tinatrato ng mga hindi mananampalataya at mga anticristo ang Diyos sa langit at ang Diyos sa lupa. Dahil mismo sa pagtrato nila sa Diyos sa lupa nang may gayong saloobin kaya sila nagpapakita ng iba't ibang pagpapamalas sa pagtrato sa kanilang mga tungkulin. Kabilang sa mga pagpapamalas na ito ang unti-unting pagkawala ng interes at ng kagustuhang gumawa ng kanilang mga tungkulin kapag nakita nila ang Diyos sa lupa. Dahil dito, nawawalan sila ng interes sa pananampalataya sa Diyos at nagkakaroon sila ng mga negatibong kaisipan at pagpapamalas. Kaya, hindi nakakapanindigan ang lahat ng anticristo sa huli; kahit na hindi sila alisin ng iglesia, aalis sila nang kusa. Mayroon ba kayong alam na mga gayong halimbawa? (Oo, nakatagpo na ako ng isang anticristo noon. Napakasutil niya. Hindi niya hinangad o isinagawa ang katotohanan, at pabasta-basta at walang ingat niyang ginawa ang kanyang tungkulin. Isa pa, hindi siya nagsikap na pag-aralan ang kanyang propesyon, at napakatamad niya, at nagyayabang pa siya. Araw-araw, ang iniintindi lang niya ay pagkain at pananamit, at nakikiapid din siya. Nang patalsikin siya, wala siyang kahit katiting na intensiyon na magsisi, sa halip, pakiramdam niya ay nakahinga siya nang maluwag.) Hindi pinahahalagahan ng mga ganitong tao ang pagkakataon na makagawa ng tungkulin, lalong hindi nila iginagalang o pinahahalagahan ang kanilang sariling tungkulin, mga pabaya sila at sinasayang nila ang kanilang oras. May nakipagbahaginan ba sa kanya na hindi puwedeng gampanan ang tungkulin sa ganitong paraan? (Oo. Nakipagbahaginan din ako sa kanya, pero hindi siya nakikinig, medyo pabaya ang saloobin niya.) Mayroon pa bang makapagbibigay ng halimbawa? (May isang direktor na palaging pabaya sa paggawa ng kanyang tungkulin; marami sa mga materyal na kinunan niya ay hindi angkop, at nagsanhi rin siya ng mga pagkagambala at

kaguluhan. Matapos siyang ilipat sa isang Grupong B, tumigil siya sa paggawa ng kanyang tungkulin. Buong araw siyang nagpapakaabala sa pagpunta sa trabaho at pagkita ng pera, at nakikihalubilo siya sa mga walang pananampalataya, at sa huli, pinaalis siya. Sa katunayan, kahit hindi siya pinaalis ng iglesia, kusa na rin sana siyang aalis. Hindi niya hinangad ang katotohanan, at hindi siya nakapanindigan sa huli.) Parepareho lang ang disposisyong diwa ng mga anticristong ito, tutol sila sa katotohanan at sa mga positibong bagay, mahilig sila sa kawalan ng katuwiran, at mayroon silang mga napakasidhing ambisyon at pagnanais. Itinuturing nilang parang laro ang kanilang tungkulin at tinatrato ito nang pabaya, at ang istilo ng kanilang pag-uugali ay talagang hindi marapat at walang pagpipigil. Ang kalikasan nila ay buktot at malupit. Pumupunta lang sila sa sambahayan ng Diyos at gumagawa ng tungkulin para magtamo ng mga pagpapala, at kung hindi ito para magtamo ng mga pagpapala, hindi sila mananampalataya sa Diyos! Sa esensiya, walang ipinagkaiba ang mga taong ito sa mga walang pananampalataya, sila ay ganap na mga hindi mananampalataya at mga walang pananampalataya; ito ang diwa nila. Kung hindi mo sila pinapahintulutang maging kagaya ng mga walang pananampalataya, at kung ipinapagawa mo sa kanila ang kanilang tungkulin kasama ang mga mananampalataya sa Diyos, magiging napakasakit para sa kanila ang buhay na ito, at ang araw-araw ay magiging tila pagpapahirap sa kanila. Pakiramdam nila ay hindi kawili-wiling gawin ang kanilang tungkulin kasama ang mga kapatid sa sambahayan ng Diyos nang may maayos na asal, nang nananatili sa kanilang tamang puwesto, at pakiramdam nila, ang buhay na ito ay hindi kasinglaya at di-napipigilan katulad ng kapag nakikihalubilo sila sa mga walang pananampalataya sa mundo sa labas—pakiramdam nila ay kawili-wili ang ganoong paraan ng pamumuhay. Kaya, ang pagpunta nila sa sambahayan ng Diyos at paggawa ng kanilang tungkulin ay ginagawa lamang dahil kinakailangan, ito ay bunsod ng kanilang intensiyon na magkamit ng mga pagpapala, at ginagawa nila ito para matugunan ang kanilang mga pansariling ambisyon at pagnanais. Batay sa kanilang kalikasang diwa, sa esensiya, hindi nila mahal ang katotohanan o ang mga positibong bagay, lalong hindi nila pinaniniwalaan ang mga bagay na kayang isakatuparan ng Diyos. Sila ay ganap na mga hindi mananampalataya at mga oportunista. Hindi sila naparito para gawin ang kanilang mga tungkulin, kundi para gumawa ng kasamaan, magdulot ng mga kaguluhan, at makipagtransaksyon. Kaya, batay sa kabuuan ng mga pagpapamalas na ito ng mga anticristo, kapag nasa sambahayan ng Diyos ang mga taong ito, sila ba ay kapaki-pakinabang o nakapipinsala sa gawain nito? (Nakapipinsala.) Ni minsan ba ay nakakita ka na ng isang tao na may anticristong diwa na medyo may kaloob at kakayahan, at kayang manatili sa kanyang tamang puwesto habang ginagawa ang kanyang tungkulin sa sambahayan ng Diyos nang hindi nagdudulot ng problema o mga pagkagambala? Ipagpalagay na sasabihin mo sa isang anticristo, “Para sa isang taong katulad mo na nakagawa ng ilang kasamaan noon, hindi sigurado kung magkakaroon ka ng anumang kinabukasan o tadhana sa hinaharap. Dahil medyo may kaloob ka, magsikap ka na lang sa pagseserbisyo sa sambahayan ng

Diyos!” Magiging handa ba silang magserbisyo nang walang pagsasaalang-alang sa kung sila ba ay pagpapalain o magdurusa ng kasawian? Tiyak na hindi. Ang mga taong nakakagawa nito ay iyong mga medyo may mabuting pagkatao, pero mayroon bang gayong pagkatao ang mga anticristo? (Wala.) Malupit ang kanilang disposisyon. Iniisip nila, “Kung hindi mo ako bibigyan ng mga pakinabang, o ng ilang pangako o kasunduan, paano ako makakapagsumikap para sa iyo? Huwag na huwag mong aasahan ito, imposible iyon!” Isa itong malupit na disposisyon. Ito ang komprehensibong pagpapamalas ng kung paano tinatrato ng mga anticristo ang kanilang tungkulin, ang Diyos, at ang mga hinihingi ng Diyos. Sa palagay ba ninyo ay may sinumang anticristo na nagsasabi, “Itinaas ako ng Diyos at binigyan Niya ako ng kaloob na ito, kaya ihahandog ko ang sarili ko para sa Diyos”? (Wala.) Ano ang sasabihin nila? “Gusto mo akong samantalahin? Pinapaboran mo lang ang aking mga kaloob at talento. Kung gusto mong makinabang sa akin, kailangan mo akong bigyan ng ilang pakinabang. Kung gusto mo akong samantalahin, hinding-hindi iyan mangyayari!” Hindi sila naniniwala na pagtataas ito ng Diyos sa kanila, at hindi rin sila naniniwala na ito ay isang oportunidad na bigay ng Diyos na dapat nilang pahalagahan, naniniwala sila na ito ay pagsasamantala sa kanila. Ito ang pinaniniwalaan ng mga anticristo. Marahil ay pansamantalang mangmang ang ilang tao, nagsasanhi sila ng mga pagkagambala at kaguluhan, at gumagawa ng ilang masamang bagay, at pagkatapos ay ibinubukod sila para sa pagninilay-nilay sa sarili. Ang mga naghahangad sa katotohanan ay nagninilay-nilay nang ilang sandali at sasabihin nila: “Dapat akong magtapat at magsisi sa Diyos, at hindi ako dapat kumilos ulit nang ganoon sa hinaharap. Dapat akong matutong magpasakop, matutong makipagtulungan sa iba, at matutong hanapin ang katotohanan at kumilos ayon sa salita ng Diyos, hindi na ako dapat muling gumawa ng kasamaan.” Pagkatapos, isinasaayos ng iglesia na gawin nila ang kanilang tungkulin, at pinasasalamat nila ang Diyos habang umiiyak nang husto, pinahahalagahan mula sa kaibuturan ng kanilang puso ang pagkakataong ito na ibinigay sa kanila ng Diyos. Ikinararangal nila na magkaroon ng pagkakataon na magawang muli ang kanilang tungkulin. Pakiramdam nila ay dapat nila itong pahalagahan at hindi na hayaang mawala muli, at ginagawa nila ang kanilang tungkulin nang mas mahusay kaysa dati. May kaunti silang pagkilala sa kanilang sarili at sumailalim sila sa ilang pagbabago. Bagama’t maaaring nakakagawa pa rin sila ng mga kamangmangan, at maaaring nagiging negatibo at mahina pa rin, at sumusuko minsan sa kanilang gawain, base sa pangkalahatang mentalidad at saloobin nila, nagbago na sila. Kinamumuhian nila ang kanilang mga dating kilos at mayroon na silang kaunting kaalaman sa usaping ito. Kaya nilang tanggapin ang katotohanan at medyo mapagpasakop sila. Ang mas mahalaga, kapag tinutulutan sila ng sambahayan ng Diyos na bumalik at gawing muli ang kanilang tungkulin, hindi sila tumatanggi, nagdadahilan, o lumalaban, at lalong hindi sila nagsasabi ng mga di-kanais-nais na bagay. Sa halip, ikinararangal nila ito at pakiramdam nila ay hindi sila inabandona ng Diyos, at iniisip nila na, dahil mayroon pa silang pagkakataon na gawin ang kanilang tungkulin sa sambahayan ng Diyos, dapat

nila itong pahalagahan. Sumailalim na sa malaking pagbabago ang saloobin nila. Ang mga gayong tao ang maaaring iligtas.

Ano ang pagkakaiba ng mga anticristo at ng mga taong maaaring iligtas? Kapag ginagawa ng mga anticristo ang kanilang tungkulin, gusto nilang sila ang may huling salita, magpupunyagi sila para sa kapangyarihan at mga pakinabang, at gagawin lamang nila ang anumang gusto nila. Kung hindi sila magkakamit ng kapangyarihan o mga pakinabang, ayaw na nilang gawin ang kanilang tungkulin. Pagkatapos nilang gambalain at guluhin ang gawain ng iglesia, at matanggal, maibukod, o maalis ng sambahayan ng Diyos, kaya ba nilang tunay na magsisi? Ano ang sinasabi nila? “Gusto mo akong magsisi para masamantala mo ako? Hinihila mo ako palapit kapag may silbi ako at sinisipa mo ako palayo kapag wala kang kailangan sa akin.” Anong baluktot na lohika ito? Ano ang ibig sabihin ng pagsipa palayo? Kung hindi sila nakagawa ng kasamaan, pakikitunguhan kaya sila ng sambahayan ng Diyos? Pakikitunguhan kaya sila ng sambahayan ng Diyos nang basta-basta kung ginampanan nila ang kanilang tungkulin ayon sa mga prinsipyo? Nagdulot ng mga kawalan ang mga taong ito sa gawain ng iglesia dahil nagsanhi sila ng mga pagkagambala at kaguluhan, at gumawa sila ng kasamaan. Pinakitunguhan sila ng sambahayan ng Diyos, at hindi lang sila tumangging tanggapin ito o pagnilayan at subukang kilalanin ang sarili nila; sa halip, punong-puno sila ng sama ng loob. Pakiramdam nila ay hindi sila sikat o na wala na silang kapangyarihan, at na inaapi at minamaltrato sila. Kapag binibigyan sila ng pagkakataong gawing muli ang kanilang tungkulin, bukod sa hindi sila mapagpasalamat sa puso nila at hindi nila pinapahalagahan ang oportunidad na ito, gumagawa rin sila ng huwad na kontra-akusasyon, sinasabi nila na sinasamantala sila ng sambahayan ng Diyos. Hindi nila tinatanggap mula sa Diyos ang pagtrato sa kanila ng sambahayan ng Diyos. Sa halip, naniniwala sila na ang mga tao ang nang-aapi sa kanila, sumisipa sa kanila palayo, at nagmamaltrato sa kanila. Puno ng mga reklamo ang puso nila, at ayaw na nilang gawing muli ang kanilang tungkulin. Ang katwiran nila kaya ayaw na nilang gawing muli ang kanilang tungkulin ay na ayaw nilang mapagsamantalahan, at naniniwala sila na ang lahat ng gumagawa ng tungkulin ay pinagsasamantalahan ng sambahayan ng Diyos. Napakawalang-saysay at nakalililang nito! Mayroon bang anumang salita rito na tumutugma sa katotohanan, pagkatao, o pagkamakatwiran? (Wala.) Kung gayon, hindi tinatanggap ng mga anticristo ang katotohanan, laging mainit ang ulo nila, ang puso nila ay puno ng kalupitan, reklamo, transaksyon, at higit pa rito, ang puso nila ay puno ng pansariling pagnanais. Puno ng mga bagay na ito ang puso nila. Hindi nila matanggap mula sa Diyos ang mapakitunguhan ng sambahayan ng Diyos sa anumang paraan o sa anumang kapaligiran na inihahanda ng Diyos para sa kanila. Nahaharap lamang nila ang mga bagay na ito nang mainit ang kanilang ulo, nang mata sa mata, ngipin sa ngipin. Hinaharap nila ang lahat ng ito gamit ang mga pamamaraan at lohika ni Satanas. Kaya sa huli, hindi pa rin nila nakakamit ang katotohanan at maaari lamang silang itiwag. Ang iba’t ibang tao ay may iba’t ibang reaksiyon kapag pinapalitan sila at kapag binago ang mga pagkakatalaga ng kanilang

tungkulin, o kahit kapag binubukod o inaalís sila. Ang mga taong tunay na nagmamahal sa katotohanan ay nasusuklam sa kanilang sariling mga gawa. Bukod sa hindi tinatanggap ng mga anticristong hindi nagmamahal sa katotohanan ang mga bagay na ito mula sa Diyos sa puso nila, puno rin sila ng pagkamuhi. Ano ang mga kahihinatnan nito? Nagsasanhi ito ng mga reklamo, pag-alipusta, paghusga, at pagkondena sa loob nila. Itinutulak sila nito na itakwil at lapastanganin ang Diyos. Ito ang pinagmumulan ng kanilang kalalabasan, ito ay itinatakda ng kanilang kalikasang diwa. Ang mga anticristo ay walang kakayahang umunawa sa katotohanan, tumanggap ng mga bagay-bagay mula sa Diyos, at magpasakop sa lahat ng isinasayos ng Diyos, kaya, nakatakda na ang kalalabasan nila. Inaalís sila ng sambahayan ng Diyos sa buhay na ito; hindi na kailangang banggitin pa kung ano ang mangyayari sa kanila sa darating na mundo. Nakikilatis ba ninyo ang mga usaping ito? Kung nakakatuklas kayo ng mga gayong tao sa paligid ninyo, maikukumpara ba ninyo itong mga salita Ko sa kanila? Ano ang mga pinakaprominenteng pagpapamalas ng mga anticristo? Hindi sila nananampalataya sa katotohanan, hindi tumatanggap sa katotohanan, hindi nagpapasakop sa mga pamamatnugot at pagsasayos ng Diyos, hindi nila kayang tumanggap ng anumang bagay mula sa Diyos, at hindi sila umaamin sa kanilang mga pagkakamali o nagsisisi kahit ano pang mga maling gawa ang ginagawa nila. Ito ang nagtatakda na ang mga taong ito ay kay Satanas, at na sila ay mga puntirya ng pagwasak.

Dapat lahat kayo ay ikumpara ang sarili ninyo sa iba't ibang pagbubunyag, pagpapamalas, at pagsasagawa ng mga anticristo na inilantad Ko; habang ginagawa ninyo ang inyong mga tungkulin, sigurado na magpapakita kayo ng ilan sa mga pagpapamalas, pagbubunyag, at pagsasagawang ito, pero ano ang pinagkaiba ninyo sa mga anticristo? Kaya ba ninyong tanggapin mula sa Diyos ang mga bagay na nangyayari sa inyo? (Oo, kaya namin.) Ang magawang tanggapin mula sa Diyos ang nangyayari sa inyo ay ang pinakabihirang bagay. Kaya ba ninyong magbago kapag tinahak ninyo ang maling landas, kapag gumawa kayo ng mali, gumawa ng mga kamangmangan o ng mga pagsalangsang? Kaya ba ninyong magsisi? (Oo, kaya namin.) Ang magawang magsisi at magbago ay ang pinakamahalaga at pinakabihirang bagay. Ngunit ito ang wala mismo sa mga anticristo. Tanging ang mga taong ililigtas ng Diyos ang mayroon nito. Ano ang mga pinakamahalagang bagay na dapat taglayin? Una, ang pananampalataya na ang Diyos ang katotohanan; ito ang pinakapundamental na bagay. Kaya ba ninyo itong gawin? (Oo, kaya namin.) Hindi nagtataglay ng pinakapundamental na bagay na ito ang mga anticristo. Ikalawa, ang pagtanggap na ang salita ng Diyos ay ang katotohanan; maituturing din ito na pinakapundamental na bagay. Ikatlo, ang pagpapasakop sa pamamatnugot at mga pagsasayos ng Diyos. Ito ay ganap na hindi maabot ng mga anticristo, pero dito ito nagsisimulang maging mahirap para sa inyo. Ikaapat, ang pagtanggap ng lahat mula sa Diyos nang hindi nakikipagtalo, nagbibigay-katwiran sa iyong sarili, nagbibigay ng mga dahilan, o nagrereklamo. Ganap itong imposible para sa mga anticristo. Ikalima, ang pagsisisi pagkatapos maghimagsik o gumawa ng mga pagsalangsang. Magiging mahirap

lang para sa inyo na matamo ito. Pagkatapos gumawa ng mga pagsalangsang, saka lang unti-unting nagkakaroon ang mga tao ng kaunting kaalaman tungkol sa kanilang mga tiwaling disposisyon sa pamamagitan ng ilang panahon ng pagninilay-nilay at paghahanap, kalungkutan, pagkanegatibo, at kahinaan. Siyempre, nangangailangan ito ng oras. Maaaring isa o dalawang taon, o maaaring mas matagal pa. Kaya lang ng isang tao na tunay na magsisi pagkatapos lubos na maunawaan ang kanilang mga tiwaling disposisyon at sumuko nang mula sa puso. Bagama't hindi ito madali, sa huli ay makikita ang mga pagpapamalas ng pagsisisi sa mga taong naghahangad sa katotohanan, sa mga taong kayang kamtin ang pagliligtas ng Diyos. Pero hindi ito taglay ng mga anticristo. Pag-isipan ninyo ito, sinong anticristo ang hindi nag-uungkat sa nakaraang tatlo o limang taon, o maging sa 10 o 20 taon, matapos gumawa ng masamang bagay? Gaano man katagal na ang lumipas, pagkatapos mo silang makita ulit, ang pinaguusapan pa rin nila ay pawang ang mga argumento nilang iyon. Hindi pa rin nila kinikilala o tinatanggap ang sarili nilang masasamang gawa, at ni hindi sila nagpapakita ng kahit katiting na pagsisisi. Ito ang kaibahan ng mga anticristo at ng mga ordinaryong tiwaling tao. Bakit hindi kayang magpakita ng pagsisisi ng mga anticristo? Ano ang ugat na dahilan? Hindi sila naniniwala na ang Diyos ang katotohanan, kaya hindi nila kayang tanggapin ang katotohanan. Wala nang pag-asa rito, at ito ay itinakda ng diwa ng mga anticristo. Kapag naririnig ninyo Ako na naghihimay-himay sa iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo, iniisip ninyo: "Katapusan ko na. May disposisyon din ako ng isang anticristo—hindi ba't isa rin akong anticristo?" Hindi ba't ito ay kawalan ng pagkilatis? Totoo na may disposisyon ka ng isang anticristo, pero ang kaibahan mo sa mga anticristo ay na nagtataglay ka pa rin ng mga positibong bagay. Kaya mong tanggapin ang katotohanan, magtapat, magsisi, at magbago, at ang mga positibong bagay na ito ay makapagbibigay-kakayahan sa iyo na iwaksi ang mga disposisyon ng mga anticristo, at magbibigay-daan para malinis ang iyong mga tiwaling disposisyon, at para makamit mo ang kaligtasan. Hindi ba't ibig sabihin nito ay may pag-asa ka? May pag-asa ka pa!

Masyadong mahirap para sa inyong lahat ang pagsusulat ng mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan at hindi kayo makagawa ng mga ito. May ilang tao na isang artikulo ng patotoo lang ang naisusulat pagkatapos ng maraming taon ng karanasan. Ang iba ay isang artikulo lang ang naisusulat matapos manampalataya sa loob ng 10 o 20 taon, at sama-sama nilang ibinubuod ang pinakadiwa ng mga karanasan sa mga taong ito. May ilan na nananampalataya na sa Diyos sa loob ng 30 taon, at wala pa rin silang tunay na kaalaman batay sa karanasan. Ang pinakapunto ay na hindi nila nauunawaan ang katotohanan. Kaya, ano ang dapat Kong gawin kapag nahaharap Ako sa ganitong kasalukuyang sitwasyon kung saan hindi ninyo nauunawaan ang katotohanan? Kailangan Ko kayong kausapin nang mas madalas, nang matiyaga at taimtim, nagsasalita nang mas marami at mahaba, at kailangan ninyong magkaroon ng kaunting pasensiya at mas makinig sa pakikipagbahaginan Ko. Makinig kayong mabuti, magkaroon ng pagkilatis, at magsikap na unawain ang diwa ng bawat aspekto ng

katotohanan. Gaya ng sinabi Ko, kung nauunawaan mo ang mga pagpapamalas ng mga taong may disposisyon ng mga anticristo, kung ano ang mga pagpapamalas ng mga taong iyon na may diwa ng mga anticristo, at kung ano ang kaibahan sa pagitan ng dalawa, kung gayon, magkakaroon ka ng landas na tatahakin, at kasabay nito, magkakaroon ka rin ng pagkilatis. Makikilatis mo ang sarili mong mga tiwaling disposisyon at ang diwa ng mga anticristo. Kung makakatagpo ka ng isang anticristo, magagawa mong maagap na kilatisin at ilantad siya, maagap na pigilan at limitahan ang kanyang mga padalos-dalos at basta-bastang pagkilos at pagsasagawa, at iwasan o bawasan ang mga kawalan na dulot ng kanyang masasamang gawa sa gawain ng iglesia. Kung hindi, kung mahina ang inyong kakayahang umarok at wala kayong pagkilatis, o kung hindi kayo metikuloso pagdating sa katotohanan, at palaging mga doktrina lang ang nauunawaan ninyo, at hindi ninyo makilatis ang diwa ng isang tao, hindi lang ito hahantong sa kawalan ninyo ng kakayahang kumilatis sa mga anticristo sa paligid ninyo, kundi susunod din kayo sa kanila na para bang mabubuting lider sila. Pag-isipan ninyong mabuti, isaalang-alang nang mabuti, mas higit na pakinabang ba ang hatid ng mga bagay na ginagawa ng mga anticristo sa sambahayan ng Diyos o mas higit na pinsala? Pagkatapos ng masusing pagsasaalang-alang, makikita ninyo na, bagama't mukhang gumagawa ng ilang mabuting bagay ang mga anticristo habang gumagawa sa sambahayan ng Diyos, ang totoo ay mas nakapipinsala sila kaysa nakabubuti. Mas marami ang kawalan kaysa pakinabang. Sa katunayan, naghahatid ng mas malalaking nakatagong panganib ang mabubuting gawa nila, na nagdudulot ng mas malaking pinsala kaysa kabutihan sa gawain ng iglesia. Ang papel na ginagampanan ng mga taong ito sa sambahayan ng Diyos ay ang pagiging mga alipin ni Satanas.

Abril 25, 2020

**Ikasiyam na Aytem: Ginagawa Nila ang Kanilang
Tungkulin Para Lang Maging Tanyag Sila at
Maisakatuparan ang Kanilang Sariling mga Interes
at Ambisyon; Hindi Nila Kailanman Isinasaalang-alang
ang mga Interes ng Sambahayan ng Diyos,
at Ipinagkakanulo Pa nga ang mga Interes na Iyon,
Ipinagpapalit ang mga Iyon Para sa Kanilang
Personal na Kaluwalhatian (Ikawalong Bahagi)**

II. Ang mga Interes ng mga Anticristo

D. Ang Kanilang mga Kinabukasan at Tadhana

Balikan muna natin ang napagbahaginan natin sa huling pagtitipon. (Noong nakaraan, nagbahagi ang Diyos tungkol sa ikalawang aytem ng kung paano tinatrato ng mga anticristo ang kanilang mga kinabukasan at tadhana—kung paano tinatrato ng mga anticristo ang kanilang tungkulin. May tatlong uri ng saloobin ang mga anticristo sa tungkulin nila. Una, nagtutustos at gumagabay ang Diyos sa sangkatauhan, kaya ang paggawa ng tungkulin bilang isang nilikha sa harap ng Diyos ay ganap na angkop, likas, at may katwiran, at ito ang pinakamakatarungan at pinakamagandang bagay sa sangkatauhan, pero itinuturing ito ng mga anticristo bilang isang uri ng transaksyon, at gusto nilang ipalit ang paggawa nila ng tungkulin para sa magagandang kinabukasan at magandang hantungan. Pangalawa, kapag gumagawa ang Diyos, nagpapahayag Siya ng maraming katotohanan; hindi lang sa hindi itinuturing ng mga anticristo ang salita ng Diyos bilang ang katotohanan, bilang isang bagay na dapat taglayin, hangarin, tanggapin, at pasukin ng sangkatauhan upang maligtas, kundi sa kabaligtaran, itinuturing nila ang paghahangad ng mga kinabukasan, hantungan, reputasyon, at katayuan bilang ang katotohanan at bilang mga bagay na dapat nilang itaguyod at tamuhin. Pangatlo, gumagawa ang Diyos para pamahalaan at iligtas ang sangkatauhan, pero sa perspektiba ng mga anticristo, isa lang itong transaksyon at isang laro; naniniwala sila na makakamit lang ng mga tao ang mga pagpapala ng kaharian ng langit sa pamamagitan ng masigasig na paggawa at mga transaksyon. Batay sa saloobin ng mga anticristo sa katotohanan ng paghingi ng Diyos sa mga tao na gawin ang tungkulin nila, buktot ang disposisyon nila.) Mayroon bang idadagdag? (Itinuturing ng mga anticristo ang paggawa ng tungkulin nila bilang ang tanging paraan upang hangarin ang mga pagpapala. Kapag nabigo sila sa pagnanais nilang magkamit ng mga pagpapala, maaaring agad nilang abandonahin ang tungkulin nila o iwan ang Diyos. Ito ang saloobin ng mga anticristo kapag nabigo sila sa pagnanais nilang magkamit ng mga pagpapala.) (Hindi tunay na nagsisisi ang mga anticristo. Kapag tinanggal o pinatalsik sila dahil sa kanilang mga panggagambala at panggugulo o paggawa ng masasamang gawa, at binibigyan sila ng

isa pang pagkakataon ng sambahayan ng Diyos para gawin ang tungkulin nila, hindi sila mapagpasalamat. Sa halip, nagrereklamo at nanghuhusga sila, sinasabi nila, “Pinapabalik ninyo ako kapag kailangan ninyo ako, pero pinapalayas ninyo ako kapag hindi ninyo ako kailangan.” Ipinapakita nito na hindi kailanman magsisisi ang mga anticristo.) Sa madaling salita, talagang magkapareho ang mga diwa na ipinapamalas ng mga anticristo sa pagtrato nila sa tungkulin nila at sa salita ng Diyos; ipinapamalas lang nila ang magkakaparehong disposisyon at ang magkakaparehong diwa sa pagtrato nila sa magkakaibang bagay na ito. Noong nakaraan, sa pangkalahatan ay napagbahaginan na natin ang lahat ng diwang ipinapamalas ng mga anticristo sa pagtrato nila sa kanilang tungkulin. Unang aytem, hindi sila nananampalataya at tumatanggi silang kilalanin na ang salita ng Diyos ang katotohanan; pangalawang aytem, kahit makipagbahaginan ka sa kanila sa salita ng Diyos, at kaya nilang maunawaan ang katotohanan, hindi nila ito tinatanggap; pangatlong aytem, tumatanggi silang magpasakop sa kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos; pang-apat na aytem, hindi sila kailanman tunay na nagsisisi. Hindi ba’t ang mga ito ang mga diwa ng mga pagpapamalas nila? (Oo.) Ibinuod ba ninyo ang apat na aytem na ito? (Hindi.) Karamihan sa mga sinabi ninyo ay ilan sa mga pagpapamalas na pinagbahaginan natin noong nakaraan, pero hindi pa rin ninyo nakilatis kung anong mga diwa ang nasa likod ng mga pagpapamalas na ito. Ang mga diwang ipinapamalas ng mga anticristo sa harap ng katotohanan at sa harap ng Diyos ay palaging pagtanggong kumilala, tumanggap, magpasakop, o magsisi. Dahil ganito tinatrato ng mga anticristo ang salita ng Diyos at ang tungkulin nila, paano nila tinatrato ang mapungusan? Ano pang ibang mga pagpapamalas ang naroroon na nagpapakita sa mga tao na taglay nila ang mga naunang nabanggit na diwa, at nagkukumpirma na mga anticristo sila, mga kaaway ng Diyos, at mga kaaway ng katotohanan? Ito ang ikatlong aytem, na pagbabahaginan natin ngayon: kung paano tinatrato ng mga anticristo ang mapungusan. Ang aytem na ito ang ikatlong maliit na paksa ng kung paano tinatrato ng mga anticristo ang kanilang mga kinabukasan at kapalaran. Kita ninyo, ang pagbabahaginan tungkol sa bawat katotohanan ay nangangailangan ng gayong partikular na pagbabahaginan at partikular na paghahanap at pagbubulay-bulay. Kung nagsalita lamang Ako sa pangkalahatang paraan, hindi mo mauunawaan ang mga realidad ng bawat katotohanan sa mas partikular na paraan. Sige, hindi na natin babalikan ang nilalaman na pinagbahaginan natin noong nakaraan. Sa pagkakataong ito, pormal nating pagbabahaginan ang ikatlong aytem.

3. Kung Paano Tinatrato ng mga Anticristo ang Mapungusan

Ang mapungusan ay isang bagay na maaaring maranasan ng lahat ng nananampalataya sa Diyos. Lalo na sa panahon ng paggawa ng isang tungkulin, habang dumarami ang kanilang karanasan sa pagkakapungos, mas nagkakaroon ng kabatiran ang karamihan sa mga tao sa kahulugan ng mapungusan. Nararamdaman nila na napakaraming pakinabang sa pagkakapungos, at mas lalo nilang nagagawang tratuhin nang tama ang mapungusan.

Siyempre, hangga't kaya nilang gampanan ang isang tungkulin, at anuman ang tungkulin na kanilang ginagampanan, ang bawat tao ay magkakaroon ng pagkakataong mapungusan. Kayang tratuhin nang tama ng mga normal na tao ang mapungusan. Sa isang banda, kaya nilang tanggapin ang pagkakapungos nang may pusong nagpapasakop sa Diyos, at sa kabilang banda, kaya rin nilang pagnilay-nilayan at alamin ang mga problema na mayroon sila. Isang karaniwang saloobin at perspektiba ito sa kung paano tinatrato ng mga taong naghahangad sa katotohanan ang mapungusan. Kaya, ganito rin ba tinatrato ng mga anticristo ang mapungusan? Tiyak na hindi. Tiyak na naiiba ang mga saloobin ng mga anticristo at ng mga taong naghahangad sa katotohanan pagdating sa kanilang pagtrato sa mapungusan. Una sa lahat, pagdating sa usapin ng mapungusan, hindi ito kayang tanggapin ng mga anticristo. At may mga dahilan kung bakit hindi nila ito matanggap, ang pangunahing dahilan ay na kapag pinupungusan sila, pakiramdam nila ay napahiya sila, nawalan ng reputasyon, katayuan, at dignidad, na naiwan silang wala nang mukhang maihaharap sa lahat. May epekto sa puso nila ang mga bagay na ito, kaya't nahihirapan silang tanggapin ang pagkakapungos, at pakiramdam nila, ang sinumang pumupungos sa kanila ay pinupuntirya sila at kaaway nila. Ito ang mentalidad ng mga anticristo kapag pinupungusan sila. Makakasiguro ka rito. Sa katunayan, sa pagpupungos lubusang nabubunyag kung kaya bang tanggapin ng isang tao ang katotohanan at kung tunay ba siyang makakapagpasakop. Ang matinding paglaban ng mga anticristo sa pagkakapungos ay sapat na para maipakita na tutol sila sa katotohanan at hindi nila ito tinatanggap kahit kaunti. Ito, kung gayon, ang pinakabuod ng problema. Hindi ang kanilang pride ang pinakabuod ng usapin; ang hindi pagtanggap sa katotohanan ang pinakabuod ng problema. Kapag pinupungusan sila, hinihingi ng mga anticristo na gawin ito nang may magandang tono at ugali. Kung seryoso ang tono ng pumupungos at mabagsik ang ugali nito, lalaban at magiging suwail ang isang anticristo, at magagalit siya dahil sa kahihyan. Hindi niya iniisip kung tama ba ang inilalantad sa kanya o kung katunayan ba ito, at hindi rin siya nagninilay-nilay kung saan siya nagkamali o kung dapat ba niyang tanggapin ang katotohanan. Ang iniisip lang niya ay kung nasaktan ba ang kanyang banidad at pride. Ganap na hindi kayang kilalanin ng mga anticristo na ang pagpupungos ay nakakatulong, mapagmahal, at nakapagliligtas sa mga tao, na kapaki-pakinabang ito sa mga tao. Ni hindi nila ito makita. Hindi ba't medyo wala silang pagkilatis at katwiran? Kung gayon, kapag napupungusan, anong disposisyon ang ibinubunyag ng isang anticristo? Walang duda na disposisyon ito ng pagtutol sa katotohanan, pati na rin ng kayabangan at pagiging mapagmatigas. Ibinubunyag nito na pagtutol sa katotohanan at pagkamuhi rito ang kalikasang diwa ng mga anticristo. Samakatwid, pinakakinatatakutan ng mga anticristo ang mapungusan; sa sandaling mapungusan sila, lubusang nalalantad ang kanilang pangit na kalagayan. Kapag pinupungusan ang mga anticristo, anong mga pagpapamalas ang ipinapakita nila, at anong mga bagay ang maaari nilang sabihin o gawin, na malinaw na nagpapakita sa iba na mga anticristo ang mga anticristo, na iba sila sa karaniwang tiwaling tao, at na

naiiba ang kanilang kalikasang diwa sa mga naghahangad sa katotohanan? Magbibigay Ako ng ilang halimbawa, at maaari ninyong pag-isipan ang mga ito at dagdagan pa ang mga ito. Kapag pinupungusan ang mga anticristo, nagkakalkula at nag-iisip muna sila: “Anong klaseng tao ang pumupungos sa akin? Ano ang pakay niya? Paano niya ito nalaman? Bakit niya ako pinungusan? Hinahamak ba niya ako? May nasabi ba akong nakapagpasama ng loob niya? Gumaganti ba siya sa akin dahil mayroon akong magandang bagay at hindi ko ito ibinigay sa kanya, at ginagamit niya ang pagkakataong ito para i-blackmail ako?” Sa halip na magnilay-nilay at kilalanin ang kanilang sariling mga pagsalangsang, mga dating maling gawa, at ang mga tiwaling disposisyong ibinunyag nila, gusto nilang makahanap ng mga pahiwatig sa usapin ng pagpupungos. Pakiramdam nila ay may kahina-hinala rito. Ganito nila tinatrato ang pagpupungos. Mayroon bang tunay na pagtanggap dito? Mayroon bang tunay na kaalaman o pagninilay-nilay? (Wala.) Kapag karamihan sa mga tao ay pinupungusan, maaaring iyon ay dahil nagpakita sila ng mga tiwaling disposisyon. Maaari ding dahil may ginawa silang mali dahil sa kamangmangan at ipinagkanulo nila ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Maaari ding dahil naging pabasta-basta sila sa kanilang tungkulin at nagdulot ito ng mga kawalan sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Ang pinakakasuklam-suklam na bagay ay na lantarang ginagawa ng mga tao ang gusto nila nang walang pagpipigil, nilalabag ang mga prinsipyo, at ginagambala at ginugulo ang gawain ng sambahayan ng Diyos. Ito ang mga pangunahing dahilan kaya pinupungusan ang mga tao. Anuman ang mga sitwasyong nagiging dahilan para pungusan ang isang tao, ano ang pinakamahalagang saloobing dapat taglayin ukol dito? Una, dapat mong tanggapin ito. Sinuman ang pumupungos sa iyo, anuman ang dahilan, hindi mahalaga kung malupit man ang dating nito, o anuman ang tono at pananalitang ginagamit, dapat mong tanggapin ito. Pagkatapos, dapat mong aminin ang nagawa mong mali, ang tiwaling disposisyon na ibinunyag mo, at kung kumilos ka ba alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo. Unang-una sa lahat, ito ang saloobing dapat mong taglayin. At taglay ba ng mga anticristo ang gayong saloobin? Hindi; mula simula hanggang katapusan, ang saloobing inilalabas nila ay paglaban at pag-ayaw. Sa ganoong saloobin, kaya ba nilang maging tahimik sa harap ng Diyos at mapagpakumbabang tanggapin ang pagpupungos? Hindi, hindi nila kaya. Ano ang gagawin nila, kung gayon? Una sa lahat, pilit silang makikipagtalo at mangangatwiran, na ipinagtatanggol at ipinaliliwanag ang mga maling nagawa nila at ang tiwaling disposisyong nailantad nila, sa pag-asang makuha ang pag-unawa at pagpapatawad ng mga tao, upang hindi na nila kailangang managot o tumanggap ng mga salitang pumupungos sa kanila. Ano ang saloobing ipinapakita nila kapag nahaharap sila sa pagkakapungos? “Wala akong kasalanan. Wala akong nagawang mali. Kung nagkamali ako, may dahilan iyon; kung nagkamali ako, hindi ko iyon sinadya, hindi ako dapat managot para doon. Sino ang hindi nakagagawa ng ilang pagkakamali?” Sinasamantala nila ang mga pahayag at pariralang ito, ngunit hindi nila hinahanap ang katotohanan, ni hindi nila kinikilala ang mga pagkakamaling nagawa nila o ang mga

tiwaling disposisyong naipakita nila—at talagang hindi nila inaamin ang kanilang intensyon at layon sa paggawa ng kasamaan. Gaano man kalinaw ang mga pagkakamaling nagawa nila o gaano man kalaking kawalan ang naidulot nila, nagbubulag-bulagan lang sila sa mga bagay na ito. Hindi sila nakadarama ng kahit katiting na kalungkutan o pagsisisi, at hindi man lang sila inuusig ng kanilang konsensiya. Sa halip, pinangangatwiranang nila ang kanilang sarili nang buong lakas nila at nakikipagsagutan sila, iniisip na, “May makatarungang pananaw ang lahat. Ang bawat tao ay may kanya-kanyang mga dahilan; ang pinakamahalaga ay kung sino ang mas mahusay magsalita. Kung maipapasa ko ang pangangatwiran at paliwanag ko sa karamihan, ako ang panalo, at ang mga katotohanang sinasabi mo ay hindi mga katotohanan, at walang bisa ang mga katunayan mo. Gusto mo akong kondenahin? Hindi maaari!” Kapag ang isang anticristo ay pinupungusan, sa kaibuturan ng kanyang puso at kaluluwa, ganap at matigas siyang lumalaban at umaayaw, at tinatanggihan niya iyon. Ang kanyang saloobin ay, “Anuman ang sasabihin mo, gaano ka man katama, hindi ko tatanggapin iyon, at hindi ko aaminin iyon. Hindi ako ang may kasalanan.” Paano man inilalantad ng mga katunayan ang kanyang tiwaling disposisyon, hindi niya iyon kinikilala o tinatanggap, kundi patuloy siya sa kanyang pagsuway at paglaban. Anuman ang sabihin ng iba, hindi niya tinatanggap o kinikilala iyon, kundi iniisip niya na, “Tingnan natin kung sino ang mas magaling magsalita; tingnan natin kung sino ang mas mahusay na tagapagsalita.” Ito ay isang uri ng saloobin ng mga anticristo sa pagtrato nila sa pagkakapungos.

Kung matatanggap ba ng isang tao ang katotohanan o hindi ay nabubunyag kapag napupungusan siya. Napakalinaw magsalita ng mga anticristo tungkol sa mga salita at doktrina, pero kapag pinupungusan sila, patuloy silang lumalaban, nakikipagtalo, at sumusuway, at hindi nila tinatanggap ang katotohanan kahit kaunti. Hindi nila maisagawa ang alinman sa mga salita at doktrinang madalas nilang nililitanya. Bakit ganito? Ang dahilan ay na sa diwa, tutol ang mga anticristo sa katotohanan. Sobrang malupit at mayabang ang disposisyon ng mga anticristo. Ang saloobin nila sa harap ng katotohanan at mga katunayan ay palaging pagmamatigas, paglaban, at pag-ayaw. Kapag pinupungusan sila, bukod pa sa pangangatwiran at pagpapaliwanag sa sarili nila para mapanatili ang reputasyon nila, napakalakas ng paninindigan ng mga anticristo: “Nananampalataya ako sa diyos, hindi sa isang tao. Ang diyos ay matuwid, at gaano man ako pungusan ng taong iyon, hindi niya kayang pagpasyahan ang kapalaran ko. Hindi ko tinatanggap ang katotohanan, pero ano ba ang magagawa niya?” Sa puso nila, matigas ang paninindigan nila, “Gaano man katama o kaayon sa katotohanan ang mga sinasabi ng taong iyon dito sa lupa, hindi pa rin katotohanan ang mga iyon, tanging ang mga direktang pagbigkas mula sa diyos sa langit ang katotohanan; kahit gaano pa husgahan at kastiguhin ng taong iyon sa lupa ang mga tao, at pungusan sila, hindi siya matuwid, tanging ang diyos sa langit ang matuwid.” Ano ang lihim nilang ipinahihiwatig? “Gaano man katama o kaayon sa katotohanan ang mga sinasabi ng diyos sa lupa, hindi pa rin iyon ang katotohanan. Tanging ang diyos sa langit ang katotohanan, ang diyos sa langit ang pinakadakila.

Bagama't nakakapagpahayag din ng katotohanan ang diyos sa lupa, hindi siya makakapantay sa diyos sa langit." Hindi ba't ito ang ibig nilang sabihin? (Oo.) "Ang diyos sa langit ang pinananampalatayaan ko, hindi ang diyos sa lupa. Gaano man katama o kaayon sa katotohanan ang sinasabi mo, ikaw na ordinaryong tao, hindi ka pa rin diyos sa langit. Ang diyos sa langit ay may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay. Itinatakda ng diyos sa langit ang kapalaran ko. Hindi maitatakda ng diyos sa lupa ang kapalaran ko. Kahit gaano pa katugma sa katotohanan ang sinasabi ng diyos sa lupa, hindi ko tatanggapin ang mga ito. Tanging sa diyos sa langit ako tumatanggap at nagpapasakop. Paano man ako tratuhin ng diyos sa langit, magpapasakop ako rito." Ang mga salitang ito ay pawang mga salitang ibinubunyag ng mga anticristo kapag pinupungusan sila. Pawang mga salita ito na nanggagaling sa puso nila. Ang mga taos-pusong salitang ito ay ganap na kumakatawan sa disposisyon nila at nagbubunyag sa kalikasang diwa nila na tutol at namumuhi sa katotohanan. Kapag ibinubunyag ng mga anticristo ang mga salitang ito, ganap na nalalantad ang tunay nilang mukha. Maaaring sabihin na sinumang magsabi ng mga ganitong salita ay isang tunay na anticristo, at isang tunay na diyablo at Satanas. May ilang anticristo na nagpapakita ng hindi sumusukong saloobin na hindi mapagpakumbaba o malabis kapag pinupungusan sila. Hindi nila tinatanggap ang katotohanan o ang pagpupungos, at hindi rin nila tunay na nakikilala ang kanilang sarili. Sa halip, bumabalik sila sa matibay nilang paniniwala at ginagamit ito para ipagtanggol ang kanilang reputasyon, katayuan, at pakiramdam ng presensiya, ganap na inilalantad ang kanilang hindi mananampalatayang diwa. Ginagamit nila ang mga salitang, "Nananampalataya ako sa diyos, hindi sa isang tao, at matuwid ang diyos" para pabulaanan at talunin ang lahat, at para itatwa ang katotohanan at itatwa ang Diyos sa lupa. Kasabay nito, ginagamit nila ang mga salitang ito para ikubli at iwasan ang pananagutan nila sa sarili nilang mga kasalanan, at para ikubli ang mga tiwaling disposisyon nila at ang kalikasang diwa nila. Ginagamit ng mga anticristo ang paninindigan nila at mga teorya para ikubli ang sarili nilang masasamang gawa, at ginagamit din nila ang mga ito para aluin at protektahan ang sarili nila. Paano nila inaalo ang sarili nila? Iniisip nila, "Ayos lang, hindi mahalaga ang sinasabi ng taong ito sa lupa. Gaano man katama ang mga sinasabi niya, hindi ko tatanggapin ang mga ito. Hangga't hindi ko tinatanggap ang mga ito, ang mga sinasabi niya ay hindi mga katunayan at hindi naaayon sa katotohanan. Kaya, hindi ko kailangang managot sa anumang pagkakamali, maling gawa, o pagsalangsang na ginagawa ko, puwede kong gawin ang gusto ko, maglakad-lakad nang nakataas-noo, at gawin ang mga bagay-bagay sa sarili kong paraan, gaya ng dati." Kaya, patuloy na tinatahak ng mga anticristo ang landas nila sa ganitong paraan nang walang anumang pag-aalinlangan at nang wala pa ring anumang pakiramdam ng kahihiyan, patuloy silang kumakapit sa pagnanais at intensiyon nilang magkamit ng mga pagpapala hanggang sa pinakahuli. Ito ang tunay na mukha ng mga anticristo.

Kapag pinupungusan ang mga anticristo, nabubunyag sila. Ito ang oras kung kailan pinakamalamang na malalantad ang kanilang kalikasang diwa. Una: Kaya ba nilang

ipagtapat ang masasama nilang gawa? Pangalawa: Kaya ba nilang pagnilayan at kilalanin ang kanilang sarili? At pangatlo: Kaya ba nilang tanggapin ito mula sa Diyos kapag pinupungusan sila? Sa tatlong sukatang ito, makikita ng isang tao ang kalikasang diwa ng isang anticristo. Kung kayang magpasakop ng isang tao kapag pinupungusan siya, at kaya niyang pagnilayan ang kanyang sarili, at sa gayon ay makilala niya ang sarili niyang mga pagbubunyag ng katiwalian at tiwaling diwa, iyon ay isang taong kayang tumanggap ng katotohanan. Hindi siya isang anticristo. Ang tatlong sukatang ito ang mismong wala sa isang anticristo. Sa halip, ibang bagay ang ginagawa ng isang anticristo, isang bagay na hindi inaasahan ninuman—iyon ay, kapag siya ay pinupungusan, bilang ganti ay nagpapatang siya nang walang batayan. Sa halip na ipagtapat ang ginawa niyang mali at aminin ang kanyang tiwaling disposisyon, kinokondena niya ang taong pumupungos sa kanya. Paano niya ginagawa iyon? Sinasabi niya, “Hindi naman laging tama ang lahat ng pagpupungos. Ang pagpupungos ay tungkol lahat sa pagkondena ng tao, sa paghusga ng tao; hindi iyon ginagawa sa ngalan ng diyos. Ang diyos lamang ang matuwid. Sinumang huhusga sa iba ay hahatulan.” Hindi ba’t isa itong ganting-paratang na walang batayan? Anong klaseng tao ang gagawa ng gayong mga ganting-paratang na walang batayan? Isang walang katuturang nakakaabalang tao na hindi tinatablan ng katwiran ang tanging gagawa niyan, at isang tao lamang na kauri ng mga diyablo at ni Satanas ang gagawa niyan. Hindi gagawin ng isang taong may konsensiya at katwiran ang gayong bagay. Kaya, tiyak na masasamang tao iyong mga gumagawa ng mga walang batayang ganting-paratang kapag pinupungusan sila. Mga diyablo silang lahat. Kapag gumagawa ng mga walang batayang ganting-paratang ang mga anticristo, ano ang madalas nilang sinasabi? “Nananampalataya ako sa diyos, at ang diyos ay matuwid! Nagpapasakop ako sa diyos, hindi sa isang tao! Hindi lahat ng pagpupungos ay tama. Kung pupungusan ako ng diyos, tatanggapin ko ito, pero kung mga tao ang magpupungos sa akin, hindi ko ito tatanggapin!” Ang unang sasabihin ng mga anticristo ay, “Ang diyos ay matuwid!” Maririnig mo sa tono nila na may kalakip itong mapaminsalang mentalidad. Ang pangalawang sinasabi nila ay, “Nagpapasakop ako sa diyos, hindi sa isang tao!” Narinig na ba ninyo ang dalawang pahayag na ito? (Oo.) Nasabi na ba ninyo ang mga ito? (Hindi.) Karamihan sa mga tao ay hindi nangangahas na sabihin ang dalawang pahayag na ito. Kapag may nangyayari sa kanila na pinaniniwalaan nilang positibo at nararapat tanggapin, saka nila sinasabing: “Talagang matuwid ang Diyos, tama lang na mapungusan at madisiplina ako.” Tinatanggap nila ito nang positibo, at hinding-hindi nila ginagamit ang mga salitang ito para ipagtanggol ang sarili nilang mga interes o pangatwiran at ipaliwanag ang kanilang sarili. Tunay nilang tinatanggap at kinikilala ang mga salitang ito at katunayang ito mula sa kaibuturan ng puso nila. Iba ang saloobin ng mga anticristo. Sa konteksto ng mapungusan, maaaring gamitin nila ang ganitong tono o intensiyon para sabihin, “Nananampalataya ako sa diyos, at ang diyos ay matuwid! Nagpapasakop ako sa diyos, hindi sa isang tao!” Ano ang ibig sabihin nito? Sila ba ay mga taong tumatanggap sa katotohanan? Tiyak na hindi. Itinatanggi nila na

ang mapungusan ay nagmumula sa Diyos at sinasang-ayunan ng Diyos. Ang kawalan nila ng kakayahang tanggapin ito mula sa Diyos ay lubos na nagpapatunay na hindi nila kinikilala ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay at hindi nila pinaniniwalaan na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan. Paano nila kikilalanin na matuwid ang Diyos, kung gayon? Malinaw na ginagamit nila ang mga salitang ito, na tila tama kung pakikikinggan, para kondenahin ang iba, para kondenahin ang mga hindi pabor sa kanila, na pumupungos sa kanila, at naglalantad ng kanilang mga tiwaling disposisyon. Hindi ba't mga kilos ito ng masasamang tao? Masasamang tao ang mga ito. Maaaring gumamit ang masasamang tao ng mga tamang salita para labanan ang Diyos at kontrahin ang katotohanan sa mga kritikal na sandali, at gumamit ng mga tamang salita para protektahan ang sarili nilang mga interes, ang imahe nila, at sarili nilang mukha at reputasyon. Hindi ba't wala itong kahihiyan? "Pinatitigas ng masamang tao ang kanyang mukha" (Kawikaan 21:29), ang pangungusap na ito ay napapatunayan sa masasamang tao at mga anticristo. Ganitong uri ng mga tao ang mga anticristo.

Isa pang bagay na sinasabi ng mga anticristo ay: "Nananampalataya ako sa diyos, hindi sa isang tao!" Mukha bang mali ang pangungusap na ito kung pakikikinggan? (Hindi.) Siyempre, tama ang manampalataya sa Diyos—hindi maaaring manampalataya sa isang tao. Ang mga salitang ito ay napakadisente at tama, walang mali sa mga ito. Sa kasamaang-palad, nagbabago ang kahulugan ng pangungusap na ito kapag nanggagaling ito sa bibig ng isang anticristo. Ano ang ipinapakita ng pagbabagong ito ng kahulugan? Ipinapakita nito na ginagamit ng mga anticristo ang mga tamang salita para ilayo ang sarili nila sa problema at ipaliwanag ang sarili nila. Ano ang intensiyon nila sa pagsasabi ng mga salitang ito? Ano ang dahilan nila sa pagsasabi ng mga salitang ito? Anong mga aspekto ng diwa nila ang pinatutunayan nito? (Ang hindi pagtanggap sa katotohanan, pagkamuhi sa katotohanan.) Tama, hindi nila tinatanggap ang katotohanan. Kung gayon, hindi nila tinatanggap ang katotohanan, pero hayagan ba nilang sasabihin, "Hindi ko ito tinatanggap; kahit na tama ang sinabi mo, hindi ko ito tinatanggap"? Kung sasabihin nila ito, makikilatis sila ng mga tao, at tatanggihan sila ng lahat, at hindi nila mapapanatili ang kanilang posisyon, kaya, hindi nila puwedeng sabihin ito. Malinaw nilang nauunawaan ang mga bagay na ito sa puso nila. Dito matatagpuan ang pagiging mapanlinlang at kabuktutan ng mga anticristo. Iniisip nila, "Kung hayagan akong lalaban sa iyo, hayagang magpoprotesta at sasalungat sa iyo, sasabihin mo na hindi ko tinatanggap ang katotohanan. Hindi ko ipapakita sa iyo na hindi ko tinatanggap ang katotohanan. Gagamit ako ng ibang paraan para lutasin ang bagay na ito at protektahan ang sarili ko." Kaya, sinasabi nila: "Nananampalataya ako sa diyos, hindi sa isang tao." Nananampalataya man sila sa Diyos o sa isang tao, ang hinihimay natin dito ay kung tinatanggap ba ng mga anticristo ang katotohanan. Hindi ba't napaghahalo-halo nila ang mga konsepto sa pagsasabi nito? Pinaghahalo-halo nila ang mga konsepto at sinusubukang linlangin ang mga tao. Para hindi makita ng mga tao na hindi nila tinatanggap ang katotohanan, sinasabi nilang kinikilala nila ang Diyos at kinikilala nila ang katotohanan, na nananampalataya sila

sa Diyos at nananampalataya silang ang Diyos ang katotohanan, at na dahil ang Diyos ang katotohanan, hindi puwedeng maging tao ang Diyos, at na kung magiging tao Siya, wala Siyang katotohanan, at na ang taong iyon ay hindi ang Diyos. Batay rito, hindi ba't nabunyag na sila bilang mga anticristo? Sadyang hindi nila kinikilala na ang Diyos ay maaaring maging si Cristo at maging isang ordinaryong tao. Iniisip nila na tanging ang Diyos sa langit, ang Diyos lang na iyon na hindi nakikita at hindi nahahawakan, at maaaring basta-bastang maisip at gamitin ng tao, ang Diyos. May mga pagkakatulad ba ang pananaw na ito sa pananaw ni Pablo? (Mayroon.) Ano ang saloobin ni Pablo kay Cristo sa lupa? Kinilala ba niya si Cristo? Tinanggap ba niya si Cristo? (Hindi.) Sinabi ni Pablo: "Si cristo ay anak ng buhay na diyos, at mga anak din tayo ng buhay na diyos. Nangangahulugan ito na tayong lahat ay mga kapatid ni cristo, at pagdating sa senyoridad, pantay-pantay tayong lahat. Ang diyos na pinananampalatayaan natin ay nasa langit. Walang diyos sa lupa. Kaya huwag magkamali ng pag-unawa, ang taong ito sa lupa ay si cristo, siya ay anak ng diyos. Hindi siya kapareho ng diyos. Hindi siya puwedeng kumatawan sa diyos sa langit, hindi siya maaaring ituring ng tao bilang ang katotohanan, at hindi kailangang sumunod ng tao sa kanya." Ano ang mahihimay natin mula sa mga salitang "Nananampalataya ako sa diyos, hindi sa isang tao" na sinasabi ng mga anticristo? Kagaya ni Pablo, kinikilala lamang nila ang malabong Diyos sa langit, at hindi kinikilala na si Cristo ay Diyos. Sa madaling salita, hindi nila kinikilala ang katunayan na nagkatawang-tao ang Diyos at naging isang ordinaryong tao—sa aspektong ito, ang mga anticristo ay katulad mismo ni Pablo. Ang ibig nilang sabihin ay: "Kung nananampalataya ka sa diyos, manampalataya ka sa diyos, hindi sa isang tao. Walang silbi na manampalataya sa kung sinong tao, hindi ka makakakuha ng mga pagpapala mula sa pananampalataya sa kung sinong tao. Para manampalataya sa diyos, dapat kang manampalataya sa diyos sa langit, sa hindi nakikitang diyos. Ang diyos sa langit ay napakadakila at makapangyarihan sa lahat, ano ang kayang gawin ng diyos sa lupa? Kaya lamang niyang magpahayag ng ilang katotohanan at magsalita ng ilang tamang salita." Kung hihimayin at huhusgahan natin ang diwa nila batay sa mga salitang ito, nilalaban nila si Cristo, hindi nila kinikilala si Cristo, at itinatanggi nila ang katunayan na nagkatawang-tao ang Diyos. Sila ay lubusang mga anticristo.

Kapag pinupungusan ang mga anticristo, o kapag nahaharap sila sa mga dagok, at kapag may naglalantad sa kanila, ginagamit nila ang pariralang "Ang diyos ay matuwid" para ipagtanggol ang sarili nila, para tanggihan ang paglalantad ng ibang tao sa kanila at tanggihan ang pagpupungos nito sa kanila. Anumang mangyari, kapag pinupungusan sila, ang pangunahing saloobin nila ay pagsuway, paglaban, at hindi pagtanggap, ginagawa ang pinakamakakaya nila para ipaliwanag at ipagtanggol ang sarili nila. Sinasabi pa nga ng ilan na, "Darating ang panahon na mabubunyag ang lahat. Ang diyos ay matuwid. Hayaan ang diyos na ibunyag ito sa akin balang araw!" Bilang mga tiwaling tao, gaano man kalaki ang mga kawalang naidudulot nila sa gawain ng sambahayan ng Diyos habang ginagawa ang tungkulin nila, wala silang pakialam dito o hindi nila ito

binibigyang-pansin. Kung malalantad ang katunayang ito, hindi pa rin nila kikilalanin na sila ang dahilan ng mga kawalang ito at hindi sila handang managot. Sa huli, nais pa rin nila na ang Diyos ang magbunyang nito para sa kanila, na para bang naroroon ang Diyos para paglingkuran sila, at dapat silang ipagtanggol ng Diyos kapag nagkakamali sila, na para bang ganoong uri Siya ng Diyos. Hindi nila tinatanggap ang katotohanan, hindi nila kayang tanggapin ang mapungusan, at hindi nila kayang kilalanin ang sarili nila, pero hindi lang iyon—hinihiling pa nga nila sa Diyos na magbigay ng mga paliwanag at katwiran para sa kanila. Hindi ba't kahiya-hiya ito? Sobrang kahiya-hiya ito! Ang mga anticristo ay pawang lubos na walang kahihiyan, at ubod ng kabuktutan. Isang aspekto ito. Ano ang dalawang pahayag na madalas na sinasabi ng mga anticristo kapag pinupungusan sila? ("Nananampalataya ako sa diyos, hindi sa isang tao!" "Ang diyos ay matuwid!") Ang mga ito ang dalawang pahayag na nakagawian nilang gamitin. Hindi sila makapagbigkas ng iba pang uri ng maling pangangatwiran, at hindi sila naglalakas-loob na gawin iyon. Gumagamit sila ng dalawang tamang pahayag para ilihis ang mga tao, para di-makatwirang makipagtalo para sa sarili nila, sinusubukang gawing tama ang mali, gawing makatarungan ang buktot, at bigyang-katwiran ang mga pagkakamali at kawalang naidulot nila. Gusto nilang gamitin ang dalawang pahayag na ito para burahin ang lahat ng bagay na ito sa isang iglap, ganap na burahin ang mga ito, at magpanggap na hindi umiiral ang mga ito, at patuloy silang nananampalataya tulad ng dati. May pagsisisi ba sa ganitong pagpapamalas ng mga anticristo? (Wala.) Bukod sa hindi sila nagsisisi, nagpapamalas din sila ng isa pang aspekto ng mga anticristo—pagtutol sa katotohanan, kayabangan, kabuktutan, at kalupitan. Ang kayabangan nila ay naipapamalas sa katunayan na hinahamak nila ang sinumang nagpupungos sa kanila, iniisip nila, "Isa ka lang tao, hindi ako natatakot sa iyo!" Hindi ba't kayabangan ito? (Oo.) Paano naman naipapamalas ang kabuktutan nila? (Paggawa ng mga walang batayang ganting-paratang.) Ang paggawa ng mga walang batayang ganting-paratang ay isang aspekto, at ang isa pang aspekto ay ang paggamit ng mga tamang salita para ipaliwanag, pangatwiran, at ipagtanggol ang sarili nila. Ano pang ibang disposisyon ang nakapaloob dito? Ang paggawa ng mga walang batayang ganting-paratang ay malupit din. Hindi kinikilala ng mga anticristo na ang salita ng Diyos ang katotohanan. Kung may isang taong naglalantad sa diwa nilang ito, hindi pa rin nila tinatanggap ang katunayan na hindi nila kinikilala ang katotohanan. Hindi nila pinagninilayan at sinusubukang kilalanin ang sarili nila; sa halip, gumagawa sila ng mga walang batayang ganting-paratang, at gumagamit sila ng magagandang-pakinggan na salita para kondenahin ang iba. Ang mga pamamaraan at kasabihang ginagamit nila para kondenahin ang iba ay parehong mapanira at buktot. Alam nila kung aling mga salita ang gagamitin para kondenahin at patahimikin ang iba, para hindi malaman ng ibang tao kung ano ang sunod na sasabihin at para walang magawa ang mga ito laban sa kanila. Ito ay kabuktutan. Ang pamamaraan at pagsasagawa nilang ito ay isang lubusang malupit na disposisyon. Ang mga ito ang ilang disposisyon ng mga anticristo na puwede nating mahimay mula sa usapin ng pagkakapungos sa mga anticristo. Hindi

ba't tumutugma ang mga disposisyon at pagbubunyag na ito ng mga anticristo sa apat na aytem na tinalakay natin dati? (Oo.) Ano ang apat na aytem na iyon? (Ang unang aytem ay ang hindi pananampalataya at pagtanggong kilalanin na ang salita ng Diyos ang katotohanan; ang pangalawang aytem ay na kahit makipagbahaginan ka sa kanila sa salita ng Diyos, at kaya nilang maunawaan ang katotohanan, hindi nila ito tinatanggap; ang pangatlong aytem ay ang pagtanggong magpasakop sa kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos; ang pang-apat na aytem ay ang hindi kailanman tunay na pagsisisi.) Hindi sumasampalataya, hindi tumatanggap, hindi nagpapasakop, at hindi nagsisisi, ang “apat na hindi” na ito ay kumakatawan sa diwa ng mga anticristo. Hindi kailanman tatanggapin ng mga anticristo ang katotohanan, at hindi sila kailanman yuyukod sa harap ng mga katunayan. Ito ay mapagmatigas na kawalan ng pagsisisi at isa itong bagay na lumalabas mula sa kalikasan ng mga anticristo. Ito ang unang pagpapamalas ng kung paano tinatrato ng mga anticristo ang mapungusan. Bagama't pareho ang disposisyong diwa ng mga anticristo, tiyak na hindi eksaktong pareho ang mga sikat na kasabihan at magagandang salawikain na nagmumula sa bibig nila. Minsan, maaaring iba-iba ang sinasabi ng mga anticristo, subalit, anumang uri ng pananalita ang lumalabas mula sa bibig nila, ang mga katangian at diwa ng mga ito ay pareho pa rin—ang diwa ng mga salita nila ay hindi pagtanggap sa katotohanan. Kung hindi nila tinatanggap ang katotohanan, ano ang mga salita nilang ito? Ang mga ito ba ay salitang naaayon sa katotohanan? Mga salita ba ito ng tao o mga salitang naaayon sa etika? Mga salita ba itong naaayon sa konsensiya at katwiran? (Mga maladiyablong salita ang mga ito.) Tama. Hindi tumpak na ilarawan ang mga ito na mga walang kabuluhan o magulong salita, pero nakakapagpaliwanag sa isyu ang pagsasabing maladiyablong salita ang mga ito.

Kapag pinupungusan ang mga anticristo, kapag pinupuna at inilalantad sila ng mga kapatid, ano pang ibang salita ang sinasabi nila? Ang ilang anticristo ay nagkakamali o nagsasabi ng mga maladiyablong salita para ilihis ang mga tao. Kapag nakikita ito ng mga kapatid, pinupuna at pinupungusan nila ang mga anticristo, inilalantad nila ang mga anticristo bilang tuso at mapanlinlang. Bagama't sa panlabas ay hindi tumututol ang mga anticristo, sa loob-loob nila ay lumalaban sila, na parang nagsasabing, “Ano ba ang alam mo? Kasingdami ba ng kaalaman ko ang nalalaman mo? Kasingtagal na ba kitang nananampalataya sa diyos? Ilang taon ka na bang nananampalataya sa diyos? Hindi ko ibababa ang sarili ko sa antas mo!” Kapag pinupungusan sila ng mga lider at manggagawa, maaaring maging tuso ang saloobin nila, nakikipagplastikan sa panlabas at nagsasabi ng magagandang salita, pero lihim silang hindi nasisiyahan at tumututol sila, naghahanap ng pagkakataon para gumanti. Kung isang ordinaryong kapatid ang pumupungos sa kanila, hindi gaanong maganda ang asal ng mga anticristo—magagalit sila at lubhang mayayamot, at gumaganting-atake sila at gumaganti. Kapag gumaganting-atake sila at gumaganti, madalas nilang sinasabi ang ganito: “Masyado ka pang walang muwang para pungusan ako! Kung hindi ako nananampalataya sa diyos, wala akong katatakutan!” May mali ba

sa mga salitang ito? Ganitong uri ng mga salita ang karaniwang sinasabi ng mga walang pananampalataya at ng mga taong lubhang salaula. Paano ito naririnig sa iglesia? Ang mga taong nakakapagsalita nang ganito ay kakaibang grupo, at may kakaibang likas na katangian ang kakaibang grupong ito. Ano ang kakaiba sa likas na katangian nila? Madalas na isinasaalang-alang ng mga gayong tao ang senyoridad sa loob ng iglesia. Ang tingin nila sa lahat ay mas mababa sa kanila, ayaw nila sa lahat, at nais nilang sermunan, pahirapan, at manipulahin ang lahat. Iniisip ng mga anticristo na bagama't nananampalataya sila sa Diyos, walang kalipikadong maging kapareha nila. Hindi kataka-taka na nasasabi nila ang mga ganitong aroganteng salita kapag tinatrato sila ng mga tao bilang kapatid at nakikipag-usap sa kanila nang taos-puso, inilalantad ang mga tiwaling disposisyon nila, at pinupungusan ang mga salita at kilos na ipinakita nila na hindi naaayon sa katotohanan. Itinuturing nila ang sambahayan ng Diyos bilang lipunan at sarili nilang teritoryo, at itinuturing ang mga kapatid sa iglesia na mas mababa kaysa sa kanila. Iniisip nila na kaunti lang ang kaalaman ng mga kapatid at na mababaw lang ang pagkaunawa ng mga ito sa mga usapin ng lipunan, na nasa ilalim ng lipunan ang mga ito, na dapat hamakin, paglaruan, at yurakan ng iba ang mga ito. Iniisip nila na madaling apihin at paglaruan ang mga kapatid, at hindi sila magiging ganoong uri ng tao. Kaya, iniisip nila na inaapi, minamaliit, at ibinubukod sila ng sinumang pumupungos at naglalantad sa kanila. Naging mapagbantay na sila laban dito sa puso nila, "Huwag mong isipin na puwede mo akong pahirapan at api-apihin! Wala ka pang muwang!" Hindi ba't isa itong bagay na sasabihin ng isang taong may "magiting na diwa"? Sa kasamaang-palad, hindi katotohanan ang mga salitang ito. Gaano man kalakas ang loob mo o gaano man kataas ang moral mong integridad, hindi ka sasang-ayunan ng Diyos. Kinasusuklaman ng Diyos ang mga gayong disposisyon at ang mga taong nagsasabi ng mga ganitong salita. Kinokondena at itinatboy ng Diyos ang mga taong nagsasabi ng mga ganitong bagay sa harap ng Diyos. Hindi kailanman maliligtas ng Diyos ang mga taong kumakapit sa mga salitang ito na parang ang mga ito ang katotohanan. Kaya, tingnan natin itong muli, ano ba ang mali sa mga salitang ito? Pantay-pantay ang lahat sa harap ng katotohanan, at walang pagkakaiba ng edad o pagiging mababa at marangal sa mga gumagawa ng tungkulin nila sa sambahayan ng Diyos. Pantay-pantay ang lahat sa tungkulin nila, iba-iba lang ang trabaho nila. Wala silang pagkakaiba batay sa kung sino ang may senyoridad. Sa harap ng katotohanan, dapat magtaglay ang lahat ng mapagpakumbaba, mapagpasakop, at tumatanggap na puso. Dapat taglayin ng mga tao ang ganitong katwiran at saloobin. Kaya, hindi ba't ang mga taong nagsasabi ng "Masyado ka pang walang muwang para pungusan ako!" ay puno ng impluwensiya, ideolohiya, at pagiging salaula ng lipunan? Itinuturing nila ang sambahayan ng Diyos bilang lipunan, ang mga kapatid ng sambahayan ng Diyos bilang isang vulnerableng grupo sa mababang antas ng lipunan, at itinuturing nila ang sarili nila bilang amo ng lahat, isang taong hindi puwedeng kantihin o hamunin ng sinuman, at sinisigurado nila na hindi magiging maganda ang katapusan ng mga naglalantad at pumupungos sa kanila. Iniisip

nila na kapareho ng lipunan ang sambahayan ng Diyos, na makakapanindigan ang sinumang hindi sumusuko at mapanupil, na walang sinumang mangangahas na kumanti sa mga walang awa, mabagsik, at masama, at naniniwala sila na pawang hindi mahusay at walang gulugod ang mga taong tumatanggap ng pagpupungos. Iniisip nila na walang mangangahas na kumanti sa mga taong may abilidad, na walang mangangahas na maglantad sa mga taong iyon kahit pa magkamali ang mga ito, at na ang mga taong ito ay parang mga punong di yumuyuko sa hangin! Iniisip ng mga anticristo na sa kahit sa anong mga grupo sa mundo man sila nabibilang, kailangan nilang maging sapat na makapangyarihan, walang awa at masama para hindi sila apihin o utus-utusan na lang ng iba. Iniisip nila na abilidad at kagalingan ito, at gusto nilang gamitin ang abilidad na ito para magkamit ng katayuan, kasikatan, at pakinabang, at makakuha ng magandang hantungan sa huli. Anong disposisyon ito? Kapwa malupit at buktot ito. Gaano man karaming sermon ang naririnig ng mga anticristo, hindi nila maunawaan ang katotohanan. Hindi nila makita na naghahari ang katotohanan sa sambahayan ng Diyos. Hindi nila makita ang mga pagbabagong nangyayari sa mga taong tumatanggap sa katotohanan, at kahit pa makita nila ang mga ito, hindi nila kinikilala na mga pagbabago ang mga ito. Iniisip nila na pawang resulta ng pagpapanggap at pagpipigil sa sarili ang mga pagbabagong iyon, at hindi nila pipigilan ang sarili nila at titiisin na lang ang hindi patas na pagtrato para lang doon. Dahil may ganito silang lohika, kaya nilang sabihin ang mga bagay tulad ng: “Huwag mong isipin na puwede mo akong pahirapan at api-apihin!” Hindi ba’t ito ang kabuktutan ng mga anticristo? Buktot ang mga gayong kaisipan at pananaw. Isang pagbubunyag ng kanilang malupit na disposisyon na nagagawa nilang magsabi ng mga salitang ito at kumilos nang ganito. Mayroon bang mga gayong tao sa iglesia? Kapag nakikipag-usap sa kanila ang mga kapatid nang taos-puso, inilalantad sila, pinaguusapan ang mga problema, pagkukulang, at pagbubunyag nila ng katiwalian, iniisip nila na inaapi at ipinapahiya sila at na hindi sila sineseryoso. Sinasabi nila, “Masyado ka pang walang muwang para pungusan ako!” Kahit sino pa ang nakikita nilang tumatanggap ng pagpupungos, palagi nilang iniisip: “Makakamit mo ba ang katotohanan sa pamamagitan ng pagtanggap sa pagpupungos? Imposible iyon!” Hindi nila ito kinikilala. Iniisip nila na ang pagpupungos sa mga tao ay pang-aapi sa mga tao at paghahanap ng kapintasang magagamit laban sa mga ito, at na naaapi ang mga tao kapag nagkakaroon ang mga ito ng kaunting pagkakamali dahil masyadong totoo ang mga ito. Hindi nila kinikilala na pagmamahal at pagtulong sa mga tao ang pagpupungos sa mga ito. Hindi nila kinikilala na tunay lamang na makakapagsisi at magbabago ang mga tao kapag tinanggap ng mga ito ang pagpupungos, at lalong hindi nila kinikilala ang katunayan na naghahari ang katotohanan sa sambahayan ng Diyos. Kaya, madalas sinasabi ng mga anticristo sa sarili nila: “Sa sinumang pumupungos sa akin, hinding-hindi ko ito palalampasin. Hinding-hindi ako papayag na apihin ako ng kahit sino!” Anong klaseng mga tao ang nakakapagsabi ng mga gayong salita? Tanging ang mga hindi tumatanggap at namumuhi sa katotohanan ang nakakapagsabi ng mga gayong salita. Ang sinumang tao na may ganitong klaseng

malupit na disposisyon, at nakakapagsabi ng mga gayong salita, ay may kalikasang diwa ng mga anticristo, at siya ay kauri ni Satanas.

Kapag pinupungusan, sinasabi rin ng mga anticristo ang isa pang parirala: “Kung hindi ako nananampalataya sa diyos, wala akong pakialam sa kahit sino!” Ano ang ibig sabihin ng pariralang ito? Isa itong pangkaraniwang pahayag ng isang partikular na uri ng anticristo. Dahil sinabi nila ito, himayin natin ito. Dahil nasasabi nila ang mga salitang ito, tiyak na may partikular silang kahulugan. Sa panlabas, tila sinasabi ng mga salitang ito na mula nang magsimulang manampalataya sa Diyos ang mga taong ito, malaki ang naging pagbabago sa kanila. Parang may pakiramdam ng pasasalamat sa mga salitang ito, tulad ng: “Binago ako ng diyos, nilupig ako ng diyos. Kung hindi ako binago ng diyos, magiging sobrang mayabang akong tao.” Sa panlabas, parang may partikular na kaisipan ng pasasalamat ang mga salitang ito, pero kung hihimayin mula sa ibang perspektiba, may malaking problema sa mga salitang ito. Sinasabi ng mga anticristo na bago sila manampalataya sa Diyos, walang sinuman puwedeng bumangga sa kanila. Ano ang disposisyon ng mga taong ito? (Mayabang at malupit.) Sila ay sobrang mayabang at malupit na tao, at kung hindi sila nanampalataya sa Diyos, magiging lubhang masamang tao sila. Ang pagiging walang sinuman ang puwedeng bumangga ay nangangahulugan ng kawalan ng pagpapahalaga sa sinuman, ibig sabihin, niyuyurakan nila ang lahat ng tao, at na gaano man kagaling o kabuti ang ibang tao, walang kuwenta ang mga ito sa paningin nila. Hindi sila sumusuko sa kahit na sino, hinahamak nila ang lahat, at wala silang pinaglilingkuran. Kung hihilingin sa kanila na magserbisyo sa isang tao, masasaktan ang dignidad nila. Kung may sinuman ang karapat-dapat sa pagseserbisyo nila, ito ay ang Diyos lamang sa langit. Ngayong nananampalataya sila sa Diyos, pinigilan na nila ang ganitong pagpapamalas at pagpapakita ng pagiging walang sinuman ang puwedeng bumangga, at pagdating nila sa sambahayan ng Diyos, napilitan silang magpakumbaba para makipagtulungan sa ibang kasama nila sa grupo, inaasikaso ang mga bagay-bagay at nakikisalamuha sa iba gaya ng mga normal na tao. Pero kapag inaasikaso nila ang mga bagay-bagay o nakikisalamuha sila sa iba, hindi maiiwasan na may mga bagay na hindi umaayon sa gusto nila, kaya, muling sumasabog ang gayong disposisyon nila, kaya nasasabi nila ang mga salitang ito. Noong una, sa mundo sa labas, noong hindi pa sila nanampalataya sa Diyos, hindi sila sumusuko sa kahit sino at iniisip nila na walang sinuman ang karapat-dapat na makisalamuha sa kanila. Kaya, mula nang magsimula silang manampalataya sa Diyos, sumuko na ba sila sa kahit sinong kapatid sa sambahayan ng Diyos? (Hindi.) Saan mang grupo siya nabibilang, aasal ba nang ganito ang isang taong may normal na pagkatao at normal na pagkamakatwiran? (Hindi.) Kahit ang mga walang pananampalataya ay nagsasabing, “Alinman sa tatlong taong magkakasamang naglalakad, kahit papaano ay mayroong isa na maaaring maging aking guro.” Ibig sabihin, sa alinmang tatlong tao, tiyak na may isa na mas malakas at mas mahusay kaysa sa iyo, na puwedeng maging guro mo, at makatulong sa iyo. Nagsasabi ng mga gayong salita ang mga walang pananampalataya, kaya, kinikilala ba ng mayayabang na taong ito ang

kawastuhan ng mga salitang ito? Kaya ba nilang pantay na makisalamuha sa ibang nasa grupo? Kaya ba nilang maging makatwiran? (Hindi.) Kung gayon, kapag kasama nila ang mga walang pananampalataya na walang pananalig sa Diyos, anong uri ng mga tao ang mga anticristong ito? (Mga tao silang mahirap pakitunguhan.) Tama, mga tampalasan sila, mga taong mahirap pakitunguhan. Walang magagawa ang sinuman tungkol sa kanila. Walang sinumang nangangahas na hamunin, galitin, o kantihin sila. Mga tampalasan sila! Kung gagalitin mo sila, may mga kahihinatnan ito, para mong ginalit ang isang malupit na demonyo. Karaniwan sa lipunan, walang nangangahas na banggain ang mga gayong tao. Ang disposisyon at mga prinsipyo nila sa pakikitungo sa mga bagay-bagay ay maging bastos at hindi makatwiran, at gumawa ng gulo sa bawat pagkakataon. Walang nangangahas na galitin sila, walang nangangahas na kantihin sila, at walang nangangahas na apihin sila; sila lang ang nang-aapi sa mga tao. Nakakamit nito ang layon nila. Kaya, nagagawa ba nilang magbago pagkatapos pumasok sa sambahayan ng Diyos? Nagbago na ba sila? (Hindi.) Ano ang nagpapakita sa atin na hindi pa sila nagbago, na hindi nila kayang magbago? (Ang katunayan na sinasabi nilang, “Kung hindi ako nananampalataya sa diyos, wala akong pakialam sa kahit sino!”) Karaniwang hindi nila sinasabi ang mga salitang ito—sa anong konteksto nila sinasabi ang mga salitang ito? Kapag may tumutukoy sa mga pagkukulang nila, kapag may nagsasabi ng mga bagay na nakakasakit sa dignidad nila, o na ikinapipikon nila, ibinubulalas nila ang pariralang ito, “Kung hindi ako nananampalataya sa diyos, wala akong pakialam sa kahit sino! Nangangahas kang kalabanin ako, sino ka ba?” Anong disposisyon ito? Dinadagdagan pa nga nila ng pasakalye ang pariralang ito, sinasabing, “Bago ako nanampalataya sa diyos, wala akong pakialam sa kahit sino.” Hindi ba’t hindi ka pa rin sumusuko o nakikinig kahit kanino ngayong nananampalataya ka na sa Diyos? Hindi ba’t ikaw pa rin ang dating ganap na diyablo at Satanas? Pakiramdam nila ay naging mas mabuti na sila pagkatapos nilang manampalataya sa Diyos. Kung naging mas mabuti na nga sila, paano nila nagagawang bigkasin ang mga salitang ito? Wala silang anumang konsensiya o katwiran, at nangangahas silang hayagang ipagsigawan at ipaalam sa iba: “Siga ako, at wala akong kinatatakutan!” Ano ba ang dapat ipagmalaki ng isang maniniil, isang tampalasan, at isang siga? Ano ba ang dapat nilang ipagyabang? Pero nagmamayabang nang ganito ang mga anticristo. Itinuturing nilang isang maluwalhating nakaraan na minsan silang naging tirano noon, at ipinangangalandakan nila ito sa sambahayan ng Diyos. Anong klaseng lugar ang sambahayan ng Diyos? Isa itong lugar kung saan naghahari ang katotohanan. Isa itong lugar ng kabanalan kung saan inililigtas ng Diyos ang mga tao. Paanong tinutulutan nito ang pagsasabi mo ng mga maladiyablong salitang ito? Walang pakiramdam ng kahihyan ang mga anticristo, hindi nila alam na mga maladiyablong salita ang mga ito, at ipinangangalandakan pa nga nila ang mga ito na para bang mabubuting salita at ang katotohanan ang mga ito. Tunay na mga indibidwal sila na walang kahihyan, manhid sila sa kahihyan, at kasuklam-suklam sila! Kapag nagsasabi ng mga maladiyablong salita ang ganitong uri ng tao sa inyo, mayroon ba kayong angkop

na masasabi para pabulaanan ito? (Minsan akong nakakilala ng ganitong tao; hindi siya sumuko sa kahit sino sa iglesia. Noong mga panahong iyon, nagsabi siya ng mga salitang katulad nito para punahin ako. Wala akong anumang pagkilatis, at sinabi ko sa kanya na tinatanggap ko ito.) Sumagot ka nang ganito. Mali ang ganitong pagsagot; hindi ka nagpatotoo. Kailangan mong tukuyin ang mga isyu niya at ipahiya siya. Kapag nagsasabi siya ng mga maladiyablong salita, hindi ka dapat magpadala, at hindi ka dapat sumunod sa mga maladiyablong salitang iyon. Dapat mo siyang ilantad. Para maging isa sa mga mananagumpay ng Diyos at magpatotoo para sa Diyos, dapat magawa mong ipahiya ang mga diyablo at si Satanas, at magsabi ng mga salitang makapagpapahiya kay Satanas at na naaayon sa katotohanan. Kahit na hindi niya ito tinatanggap, wala na siyang masasabi, at aayusin niya ang asal niya at magpapasakop siya. Magiging epektibo ba na takutin ang ganitong uri ng tao? Paano naman kung kokondenahin siya? Paano naman kung makikipag-usap sa kanya at susuyuin siya? (Hindi.) Kung gayon, ano ang magiging epektibo? (Kung may magsasabi ng mga gayong salita sa iglesia, sasabihin ko: “Sinusubukan mo bang mag-alboroto? Kung kaya mong makinig nang normal sa pagbabahaginan ng mga kapatid tungkol sa katotohanan at tanggapin ang katotohanan, ayos lang iyon, pero kung nais mong mag-alboroto rito, umalis ka na. Hindi ka pinahihintulutan ng sambahayan ng Diyos na mag-alboroto rito. Hindi naaayon sa katotohanan ang mga salitang ito. Huwag mong ipahiya ang sarili mo rito!”) Napakabigat ng mga salitang ito, pero ang mga ganitong uri ng tao ay mga tirano at bandido. Natatakot ba sila sa mga gayong salita? (Hindi, hindi sila natatakot.)

Hayaan ninyong ikuwento Ko sa inyo ang isang bagay. Noon, nakasalamuha Ko ang isang taong naging chef bago siya nagsimulang manampalataya sa Diyos. Minsan niyang sinabi sa Akin: “Noong chef pa ako sa mundo sa labas, at dumarating iyong mga bigating tao at opisyal para uminom, ayaw kong magkaroon ng anumang ugnayan sa kanila. Kapag ipinagluluto ko sila, nasa bewang ko ang isang kamay ko, nakatingkayad ang isang paa ko, at ipinagluluto ko sila gamit ang isang kamay.” Iminuwestra niya ito habang nagsasalita siya, at kapwa mukhang masama ang loob at tumututol ang postura niya. Ang ipinapahiwatig niya ay: “Walang sinuman sa mga walang pananampalataya ang makakapantay sa akin, at hindi ako susuko sa kahit sino sa kanila. Magaling ako, at sa mundo sa labas, maangas ang mga taong kagaya ko. Madalas na walang puwedeng bumangga sa akin sa mga opisyal!” Kumukumpas siya habang nagsasalita, mukhang nasisiyahan sa sarili niya, at madali niyang naimumuwestra ang mga galaw na iyon. Nakikita Ko na sanay na sanay siya sa pagpapakita ng mga galaw, tindig, at postura na iyon—na madalas niyang ginagawa ang mga ito. Nahahalata Ko na ginagawa niya ito nang may kaunting intensiyon na magpakitang-gilas at ipagmalaki ang kanyang “maluwalhating nakaraan,” nagsisikap siyang mapahanga ang iba. Nang makita Ko siyang kumikilos nang ganito, ngumiti Ako, at sinabi Ko sa kanya: “Kung gayon, masama ang disposisyon mo.” Sinabi Ko ito nang may ngiti, at wala na akong idinagdag pa. Agad siyang napasimangot, at kaagad din niyang inihinto ang mga galaw

niya at tumahimik siya. Mula noon, hindi na niya muling binanggit ang kanyang “maluwalhating nakaraan.” Ano ang sinabi Ko sa kanya? (Masama ang disposisyon mo.) Ano ang ibig sabihin nito? (Tinukoy nito ang kalikasang diwa niya, at napahiya siya.) Tama. Ginalit Ko ba siya? Nakipagtalo ba Ako sa kanya? Sinaktan Ko ba ang dignidad niya? (Hindi.) Tinrato Ko ba siya nang pabigla-bigla at sinabing: “Umalis ka rito! Bakit ka nananampalataya sa Diyos?” o “Masyado ka pang walang muwang para ikuwento sa Akin ang iyong ‘kamangha-manghang nakaraan!’”? Ginamit Ko ba ang mga pamamaraang ito? (Hindi.) Nang hindi nagpapahiwatig ng alinman sa mga ito, isang pangungusap lang ang sinabi Ko, “Kung gayon, masama ang disposisyon mo,” at napahiya siya at natahimik. Naiparating Ko ang punto Ko nang hindi na kinakailangang magpaliwanag pa. Kung maririnig ito ng isang matalinong tao, agad niyang maiintindihan ang ibig sabihin nito, at mas magiging mapagpigil siya sa hinaharap. Ano ang tingin ninyo sa pamamaraang ito? (Mabuti ito.) Magiging angkop bang pandilatan siya at makipagtalo sa kanya? (Hindi.) Kung may magsasabi ng, “Kung hindi ako nananampalataya sa diyos, walang sinuman na puwedeng bumangga sa akin!” dapat mong sabihin sa kanya, “Kung walang sinuman ang puwedeng bumangga sa iyo bago ka nanampalataya sa Diyos, ibig sabihin, masama ang disposisyon mo. Kung wala pa ring puwedeng bumangga sa iyo kahit na sino ngayong nananampalataya ka na sa Diyos, ibig sabihin, mas masahol na ang disposisyon mo at may problema sa diwa mo.” Sabihin mo lang ito at tingnan mo kung ano ang kanyang reaksiyon at pag-uugali. Ito ang tinatawag na pagpukol sa kahinaan niya. Malulungkot ba ang masasamang tao kapag narinig nila ang mga salitang ito? Sasama ang loob nila. Lisipin nila, “Akala ko nagbago na ako sa pananampalataya ko sa diyos, at ginamit ko pa nga ang mga salitang ito para ipagyabang ang mga kalipikasyon ko at ipagmalaki ang maluwalhati kong nakaraan bago ako nanampalataya sa diyos. Hindi ko inasahan na isang nakakaunawang tao ang maglalantad sa kahiya-hiyang sikreto sa likod nito, at magbubunyag na masama ang disposisyon ko.” Ano ang kahulugan ng isang masamang disposisyon? Sa magandang salita, nangangahulugan ito na hindi mabuti ang pagkatao nila; sa mas prangkang salita, nangangahulugan ito na wala silang kuwenta. Sinong mga tao sa lipunan ang walang kuwenta? (Mga maton, siga, maniniil, at tampalasan.) Tama, sila nga. Sa sandaling sabihin mo na wala silang kuwenta at masama ang disposisyon nila, maiintindihan nila iyon. Maiintindihan nila na ang mga maton, siga, maniniil, at masama ang tinutukoy mo—ang mga terminong ito at ang mga ganitong klase ng tao. Magiging maayos ba sila kapag narinig nila na kabilang sila sa categoryang ito? (Hindi.) Hindi talaga sila magiging maayos. At kakailanganin mo pa bang magsalita pa? (Hindi na.) Mabubunyag ang kanilang kahiya-hiyang sikreto sa isang pangungusap na iyon. “Ganoong klase ka pala ng tao. Ipinangangalandakan mo pa rin ang sarili mo rito, ipinagmamalaki ang mga negatibong bagay na para bang mga positibo ang mga ito. Ano ang gusto mong palabasin? Sambahayan ito ng Diyos, huwag kang magpakitang-gilas dito. Hindi ito ang lugar para magpakitang-gilas ka. Kung gusto mong magpakitang-gilas, umalis ka na lang. Sa sambahayan ng Diyos naghahari ang

katotohanan, hindi ito isang lugar kung saan puwede kang mag-astang hari at puwede mong iproklama ang masasama mong gawa. Ano ba ang ibig mong sabihin sa pagyayabang ng mga buktot at negatibong bagay sa sambahayan ng Diyos? Ang ibig mong sabihin ay na nagkamit ng mga resulta sa iyo ang gawain ng Diyos. Sinabi ba iyon ng Diyos? Hindi mo pinasasalamatan ang Diyos; ipinagmamalaki mo ang masasama mong gawa. Sino ang sinusubukan mong linlangin gamit ang mga salitang ito? Maaaring maloko mo ang isang tatlong taong gulang na bata, pero hindi mo maloloko ang mga kapatid. Hindi ka makakalusot!” Inilalantad sila sa ganitong paraan. Sa sandaling marinig ito ng mga anticristo, una, mararamdaman nila na wala kang masamang intensiyon laban sa kanila; pangalawa, tatamaan ng mga salita mo ang kanilang pinakamatinding kahinaan; pangatlo, hindi mo sila pinupuntirya; at pang-apat, ang mga salitang ito ay katunayan, at hindi ka eksaherado sa pagsasabi ng mga ito. Sa sandaling marinig nila ang mga salitang ito, agad silang magpipigil. Bakit sila magpipigil? Dahil sa mga salita mo, mapapahiya sila at wala nang mukhang maihaharap sa iba. Kapag muli mo silang nakasama, mahihiya silang ulitin ang mga gayong salita. At kahit sabihin nila ulit ang mga gayong bagay, kakailanganin nila ng tamang okasyon, at kailangan nilang tingnan kung sino ang nakikinig. Ano’t anuman, hindi sila mangangahas na ulitin ang mga ito sa harap mo. Hindi ba’t nasupil mo sila? Kapag nakatagpo kayo ng gayong tao, maglalakas-loob ba kayong kausapin siya nang ganito? (Oo.) May paraan para harapin ang ganitong klase ng tao. Hindi mo kailangang maging mainitin ang ulo o maging bastos, supilin mo lang siya nang may ngiti. Tinatawag itong paglalantad at pagpapahiya kay Satanas. Tinatawag itong paninindigan sa iyong patotoo. Ang abilidad mo na ilantad siya ay nagpapatunay na nakilatis mo siya, na ayaw mo sa mga taong tulad niya, na kinamumuhian mo ang mga taong tulad niya, at hinahamak mo ang mga taong tulad niya. Ang mga taong ito ay kabilang sa mga negatibong karakter, at ikaw ang eksaktong kabaligtaran nila. Sa harap mo, nararamdaman nilang mas mababa sila; mas malakas at mas matuwid ka kaysa sa kanila.

Kapag pinupungusan ang mga anticristo, kapag inilalantad sila paminsan-minsan ng mga kapatid, ano ang dalawang walang kahihiyang pangungusap na binibigkas nila? (“Masyado ka pang walang muwang para pungusan ako!” “Kung hindi ako nananampalataya sa diyos, walang sinuman na puwedeng bumangga sa akin!”) Hindi kayang sabihin ng karamihan sa mga tao ang dalawang pangungusap na ito, hindi ba? Anong mga katangian ang taglay ng mga salitang ito? Siga at salaula ang mga ito, na may nangingibabaw na maangas at buktot na disposisyon ni Satanas. Malinaw na hindi manggagaling ang mga salitang ito sa bibig ng isang normal na tao, lalong hindi sa isang taong naghahangad sa katotohanan. Walang duda na nagtataglay ng malupit na disposisyon ni Satanas ang mga nagsasabi ng mga salitang ito. Masama sila, at mga anticristo sila. Hindi nila mahal ang katotohanan, at pinagpipitagan nila ang masasamang puwersa, karahasan, at ang malulupit na puwersa at disposisyon ni Satanas. Makikita ang mga diwa mula sa dalawang pangungusap na ito na sinasabi nila. Kapag sinasabi

nila ang mga salitang ito, nabubunyag ang mga disposisyon at diwa nila. Sa mga ordinaryo, normal, tiwaling sangkatauhan, walang kuwenta ang sinumang madalas na nagsasabi ng mga salitang ito, at ang sinumang hindi nagsasabi ng mga salitang ito kahit na naririnig nila ang mga ito, na nag-iisip na kahiya-hiya at malupit ang mga nagsasabi ng mga salitang ito, na sila mismo ay hindi kayang magsalita sa ganitong paraan, na hindi posibleng makapagsabi ng mga salitang ito gaano pa man sila namumuhi, naghihinanakit, at nangmamaliit sa isang tao, at na nanghahamak sa mga taong nagsasabi ng mga salitang ito—ang gayong mga tao ay mayroon pa ring kaunting kahihiyan at matuwid na parte sa pagkatao nila. Pero ang mga madalas bumibigkas ng mga salitang ito, na madalas na tumatrato sa mga salitang ito bilang ang mga pinakamataas na prinsipyo sa kanilang pagharap sa mga bagay-bagay at pag-asal, ay walang duda na mga anticristo na miyembro ng grupo ni Satanas. Sinasabi ng ilang tao: “Noong hindi pa ako nananampalataya sa Diyos, hindi ko alam kung mabuti o masama ang mga salitang ito. Ginamit ko ang mga ito noong bata pa ako, pero tumigil ako sa pagsabi ng mga ito noong medyo tumanda na ako at mas nag-mature.” Mga anticristo ba sila? Hindi. Noong bata at mangmang pa ang mga tao, noong una nilang nakakasalamuha ang lipunan at ang pangkalahatang populasyon, itinuturing nila ang mga salitang ito bilang mabubuting salita, mga salitang may karakter. Masyado pa silang bata at hindi pa matured. Kapag medyo lumaki na sila at kaya na nilang tukuyin ang mabuti sa masama, pag-ibahin ang mabubuti at masasamang tao, hindi na nila sinasabi ang mga salitang ito. Mayroon pa ring kaunting konsensiya at pagkamakatwiran ang mga gayong tao. Saan nanggagaling ang kaunting konsensiya at pagkamakatwiran na ito? Nanggagaling ito sa abilidad nilang matukoy ang mabuti sa masama, malaman kung ano ang pagiging totoo at huwad, kung ano ang tama at kung ano ang mali, mula ito sa pagkakaroon nila ng mga pagpipilian at limitasyon sa kanilang pagkilos, pagsasalita, pagharap sa mga bagay-bagay, at pag-asal. Nagmumula ito sa hindi nila pagiging mga Satanas, hindi pagiging masasamang tao, hindi pagiging mga hayop, mula sa pag-asal nila nang may mga pamantayan at prinsipyo, at pagiging mga matuwid na tao.

Sa pamamagitan ng paglalantad sa mga anticristo, nabubunyag ang lahat ng kanilang “mga salita ng karunungan,” ang mga alituntuning pamatnubay nila sa buhay, at ang mga madalas nilang ginagamit na kasabihan. Habang nabubunyag ang mga ito, lumilitaw rin ang kalikasang diwa nila, na nagpapahintulot sa iba na makita ito nang palinaw nang palinaw. Kung hindi malalantad ang mga bagay na ito, at kung ituturing ng mga tao bilang mga ordinaryong salita ang mga salitang ito na paminsan-minsan o madalas na naririnig, at wala silang pagkilatis sa mga ito, hindi nila mailalarawan ang mga ito. Kung hindi mo mailalarawan ang mga ito, ano ang silbi ng pagkaunawa mo sa katotohanan o ang kaalaman mo tungkol sa tama at mali? Maiimpluwensiyahan ba nito ang paninindigan mo? Maiimpluwensiyahan ba nito ang pananaw mo? (Hindi.) Kung gayon, hindi mo nakikilatis kung ano ang isang normal na pagpapamalas ng katiwalian at kung ano ang isang pagpapamalas ng diwa ng isang anticristo. Kapag malinaw mong

nakikilatis ang mga diwang ito, tumpak na nailalarawan at nakaklasipika ang mga ito, at malinaw na nakikilatis ang iba't ibang pagpapamalas, pagbubunyag, disposisyon, at diwa ng positibo at negatibo, ng normal at hindi normal, saka mo lamang mas tumpak na makikilatis ang mga tao at bagay-bagay. Kung hindi, mali mong iisipin na ang pagpapamalas ng isang anticristo ay ordinaryong katiwalian o isang normal na pagpapakita, at minsan ay mapagkakamalan mo ang ilang ordinaryong pagbubunyag ng katiwalian bilang mga pagpapamalas ng diwa ng mga anticristo. Hindi ba't may kalituhan dito? Sabihin nating isa kang lider at mayroong mga anticristo sa saklaw ng iyong responsabilidad. Kung hahayaan mo silang manatili, at patatalsikin mo ang mga ordinaryong kapatid na may mga pagbubunyag ng katiwalian, hindi ba't isa itong pagkakamali? (Oo.) Kaya naman, napakahalaga ng pagkaunawa sa mga detalyado at partikular na pagkakaibang ito.

Kapag nahaharap ang mga anticristo sa pagpupungos, lampas pa sa natalakay natin ang mga pagpapamalas nila. Hindi lamang sila magsasalita ng ilang hindi kanais-nais na pangungusap o medyo maghihinanakit. Gagawa sila ng mas maraming bagay at magsasabi ng mas maraming hindi kanais-nais na salita. Higit pa rito, gagawa sila ng mas masasamang bagay, mga bagay na lubhang nakakagulo sa gawain ng sambahayan ng Diyos at sa normal na buhay iglesia. Ngayon, subukang magbahaginan tungkol sa iba pang puwedeng gawin ng mga anticristo, bukod sa pagsasabi ng ilang pangungusap na iyon, na nagpapahintulot sa mga tao na makita at makilatis nang malinaw na mga anticristo sila, na sa mga anticristo ang mga gawa at asal nila, at na sa mga anticristo ang disposisyon nila. Sa ganitong paraan, puwedeng makilatis at matukoy ng mga kapatid ang mga anticristong ito bilang mga anticristo bago makapagdulot ang mga ito ng mas malalaking kaguluhan. Sa ganitong paraan, sa isang banda, maiiwasan ng mga kapatid na magdusa ng mas malaking pinsala sa buhay pagpasok nila, at sa kabilang banda, maiiwasan ang panggagambala at kaguluhan na idinudulot ng mga anticristong ito sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Hindi ba't mas mabuti na matuklasan, malutas, maiiwasan, at maituwid ang problemang ito nang mas maaga kaysa sa huli na? (Oo.) Kung gayon, patuloy kayong magbahaginan. (Kapag pinupungusan ang mga anticristo, hindi nila tinatanggap ang katotohanan at nagsasabi sila ng mga salita para atakihin ang mga tao. Kahit sino pa ang magpayo sa kanila, basta't nakakanti nito ang katayuan o pride nila, huhusgahan ng mga anticristo ang taong iyon sa iglesia, at babaluktutin pa nga nila ang katotohanan para ipagtanggol ang katayuan at pride nila.) May iba pa ba? (Minsan akong nakatagpo ng isang masamang tao na nagbantang pipinsalain ang sinumang gumawa ng bagay na nakasasama sa kanya. Noong panahong iyon, hindi namin naunawaan ang katotohanan at wala kaming pagkilatis. Natakot kami sa kanya. Kumikilos siya nang basta-basta at walang ingat kapag gumagawa ng tungkulin niya, at nang makakita kami ng ilang problema sa gawain niya at gusto naming iulat ang mga ito, hinarangan niya kami at hindi kami pinayagang mag-ulat. Hindi namin taglay ang katotohanan, kaya noong panahon na iyon, hindi kami naglakas-loob na makipagtalo, at

hindi rin namin siya inulat kaagad, na kalaunan ay nagdulot ng malalaking kawalan sa gawain ng iglesia. Dahil ito sa kawalan namin ng pagkilatis sa mga anticristo. Pinatalsik lamang siya kalaunan nang gumawa pa siya ng mas maraming masamang gawa.) Sa usaping ito, nabigo kayong makapanindigan sa patotoo ninyo o maprotektahan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, at hinayaan ninyong magdusa ng mga kawalan ang gawain ng sambahayan ng Diyos. May pananagutan kayo rito. Ngayon, tila tama lang na pinatalsik ang taong ito at hindi trinato nang hindi makatarungan. Kung muli kayong makakatagpo ng ganitong uri ng tao sa hinaharap, makikilatis ba ninyo sila? (Sa pamamagitan ng pagbabahagi mula sa Diyos, mas malinaw na sa akin ang aspektong ito ng katotohanan tungkol sa pagkilatis sa mga anticristo.)

Bakit gustong patalsikin ng sambahayan ng Diyos ang mga anticristo? Ayos lang ba na hayaan silang manatili at magserbisyo? Ayos lang ba na bigyan sila ng pagkakataong magsisi? (Hindi.) Mayroon bang anumang posibilidad na magagawa nilang hangarin ang katotohanan? (Hindi kayang hangarin ng mga anticristo ang katotohanan.) Ngayon, natuklasan na ninyo na ang mga anticristo ay masasamang tao na kay Satanas at hindi kayang magsisi, kaya sila pinatalsik. Walang taong pinatalsik nang basta-basta. Paulit-ulit na nagpapasensiya ang sambahayan ng Diyos, paulit-ulit silang binibigyan ng mga pagkakataon na magsisi, at ng kaluwagan, para hindi maling maakusahan ang mabubuting tao, at para walang mapapatalsik o mapipinsala nang basta-basta. Hindi madali para sa kanila na manampalataya sa Diyos sa loob ng maraming taon; matiisin ang sambahayan ng Diyos sa lahat ng tao hanggang sa lubusan silang makilatis, hanggang sa ganap silang mabunyag. Pero kaya bang magsisi ng mga anticristo? Hindi nila kayang magsisi. Ang papel na ginagampanan nila sa sambahayan ng Diyos ay ang pagiging mga alipin ni Satanas, binubuwag, ginagambala, at ginugulo ang gawain ng sambahayan ng Diyos. Kahit na mayroon silang ilang kaloob o talento, hindi nila magagawang magsikap para gawin nang maayos ang tungkulin nila, o tumahak sa tamang landas. Kahit na may ilang kapaki-pakinabang na aspekto ang mga anticristo, tiyak na hindi sila gagawa ng positibong kontribusyon sa gawain ng Diyos sa sambahayan ng Diyos. Wala silang ginagawa kundi manggambala, manggulo, at unti-unting manira sa gawain ng Diyos, at hindi sila gumagawa ng mabubuting bagay. Pinanatili mo sila para maobserbahan sila at binigyan mo sila ng pagkakataong magsisi, pero wala silang kakayahan na magsisi. Sa huli, ang naisip na solusyon ay patalsikin sila. Bago sila patalsikin, malinaw mo nang naunawaan ang katunayan na isang anticristo ang ganitong uri ng tao na mas pipiliin pang mamatay kaysa magsisi, na antagonistiko siya sa Diyos at sa katotohanan. Bilang resulta, pinatalsik siya. Patatalsikin ba siya kung naging mabuting tao siya? Patatalsikin ba siya kung kaya niyang tanggapin ang katotohanan at magsisi? Sa pinakasukdulan, tatanggalin siya sa tungkulin niya at ipapadala para makibahagi sa mga espirituwal na debosyonal at pagninilay-nilay, hindi siya patatalsikin. Sa sandaling magdesisyon ang sambahayan ng Diyos na patalsikin ang isang tao, ibig sabihin nito ay magiging salot ang taong ito sa sambahayan ng Diyos kung papayagan

siyang manatili. Hindi siya gagawa ng mabubuting bagay, bagkus ay magsasanhi lang siya ng mga panggagambala at kaguluhan, at gagawa ng iba't ibang uri ng masamang bagay. Sa anumang iglesia siya naroroon, guguluhin niya ito hanggang sa puntong magkawatak-watak ito na parang buhangin, tumigil ang gawain, at nakaramdam ng pagkasira ng loob ang karamihan sa mga tao at nawalan sila ng pananalig sa Diyos, at ginusto pa nga ng ilan na huminto sa pananalig nila at hindi sila makapagpatuloy sa paggawa ng mga tungkulin nila. Ano ang dahilan nito? Sanhi ito ng mga panggugulo ng anticristo. Ang anticristo ay dapat mapakitunguhan, mapaalis, at mapatalsik para magkaroon ng pag-asa ang iglesiang ito, para maging normal ang buhay iglesia, at para makapasok ang hinirang na mga tao ng Diyos sa tamang landas ng pananampalataya sa Diyos. Sinasabi ng ilang tao, "Ang Diyos ay pagmamahal, kaya dapat din nating bigyan ang mga anticristo ng pagkakataon na magsisi." Napakaganda pakinggan ng mga salitang ito, pero ganoon ba talaga ang mga bagay-bagay? Pagmasdan nang mabuti: Aling mga anticristo at masasamang tao na pinatalsik ang nakakilala sa sarili nila kalaunan, at nagawang hangarin at mahalin ang katotohanan? Sino ang mga nagsisi? Wala sa kanila ang nagsisi at mapagmatigas silang lahat na tumangging ikumpisal ang mga kasalanan nila, at gaano man karaming taon ang lumipas kapag nakita mo silang muli, ganoon pa rin sila, kumakapit pa rin sa mga bagay na iyon na nangyari noon at ayaw nilang bumitiw, sinusubukang pangatwiranan at ipaliwanag ang sarili nila. Hindi nagbago kahit kaunti ang disposisyon nila. Kung tatanggapin mong makabalik sila at tutulutan silang bumalik sa buhay iglesia, at hahayaan silang gumawa ng tungkulin, gagambalain at guguluhin pa rin nila ang gawain ng iglesia. Tulad ni Pablo, uulitin nila ang dati nilang mga pagkakamali, itinataas at pinatotohanan ang sarili nila. Hindi man lang nila matahak ang landas ng paghahangad sa katotohanan, at tatahakin nila ang lumang landas nila, ang landas ng isang anticristo, ang landas ni Pablo. Ito ang batayan ng pagpapatalsik sa mga anticristo.

Dahil sa mapaminsalang kalikasan nila, hindi binibigyang-daan ng mga anticristo ang sinumang naghahangad sa katotohanan. Minamaliit nila ang sinumang lider at manggagawa na may kakayahang gumawa ng tunay na gawain, at binabansagan pa nga nila na huwad ang lahat ng lider at manggagawa, na para bang sila lamang ang tama, at mali ang lahat ng ibang tao. Paano man ibinabahagi sa kanila ang katotohanan, hindi man lang nila tatanggapin ang pagpupungos at pinaninindigan pa rin nila ang sarili nilang mga pananaw. Kung mabibigo ang sinumang nagpupungos sa kanila na lubusang kumbinsihin sila, hindi nila ito tatanggapin. Iniisip nila na walang silbi ang pagpupungos at na wala itong kinalaman sa katotohanan. Ito ang pananaw nila. Palagi nilang pinaninindigan ang sarili nilang mga pananaw, kaya napakahirap para sa kanila na tanggapin ang katotohanan, at kasabay nito, hinuhusgahan at kinokondena nila ang mga nagpupungos sa kanila. Anong disposisyon ang ibinubunyag ng mga anticristo sa paraan nila ng pagtrato sa pagpupungos? Nakikita mo ba kung ano ang kalikasang diwa ng anticristo? Ang isa sa mga pangunahing katangian ng kalikasan ng mga anticristo ay

ang kalupitan. Ano ang kahulugan ng “kalupitan”? Nangangahulugan ito na mayroon silang partikular na kasuklam-suklam na saloobin tungkol sa katotohanan—hindi lamang nabibigong magpasakop doon, at hindi lamang tumatangging tanggapin iyon, kundi kinokondena pa ang mga nagpupungos sa kanila. Iyon ang malupit na disposisyon ng mga anticristo. Iniisip ng mga anticristo na sinumang tumatanggap sa pagpupungos ay madaling apihin, at na ang mga taong palaging pumupungos sa iba ay ang mga taong palaging nagnanais na manudyo at mang-api sa mga tao. Kaya, lalaban ng isang anticristo ang sinumang pumupungos sa kanya, at pahihirapan niya ang taong iyon. At sinumang bumabanggit sa mga kakulangan o katiwalian ng isang anticristo, o nagbabahagi sa kanya tungkol sa katotohanan at mga layunin ng Diyos, o naghihikayat sa kanyang kilalanin ang kanyang sarili, iniisip niya na pinahihirapan siya ng taong iyon at kinaiinisan niya ito. Kinamumuhian niya ang taong iyon sa kaibuturan ng kanyang puso, at paghihigantihan at pahihirapan niya ito. Isa pa itong pagpapamalas kung paano tinatrato ng mga anticristo ang pagpupungos na ating pagbabahaginan. Kinamumuhian nila ang sinumang nagpupungos at naglalantad sa kanila. Isa itong napakalinaw na pagpapamalas ng mga anticristo. Anong uri ng mga tao ang nagtataglay ng gayon kalupit na disposisyon? Masasamang tao. Sa katunayan, masasamang tao ang mga anticristo. Kaya, ang masasamang tao at mga anticristo lamang ang nagtataglay ng gayon kalupit na disposisyon. Kapag naharap ang isang malupit na tao sa anumang uri ng paghihikayat, akusasyon, turo o tulong na may mabuting layunin, ang saloobin nila ay hindi ang magpasalamat o tanggapin ito nang mapagpakumbaba, kundi, ang magalit nang husto dahil sa kahihiyan, at makaramdam ng matinding pagkamapanlaban, pagkamuhi, at maghiganti pa nga. May ilan na nagpupungos at naglalantad sa isang anticristo sa pamamagitan ng pagsasabing, “Kamakailan lang ay wala kang pakundangan sa pagkilos mo, hindi ka kumilos ayon sa prinsipyo, at palagi mong ipinagmamalaki ang sarili mo habang ginagawa ang tungkulin mo. Gumagawa ka lang alang-alang sa katayuan at lubusan mong ginugulo ang iyong tungkulin. Naging matuwid ka ba sa pakikitungo mo sa Diyos? Bakit hindi mo hinanap ang katotohanan habang ginagawa ang tungkulin mo? Bakit hindi ka kumikilos ayon sa prinsipyo? Bakit hindi mo tinanggap nang makipagbahaginan sa iyo ang mga kapatid tungkol sa katotohanan? Bakit mo sila binalewala? Bakit mo ginagawa ang anumang gusto mo?” Ang ilang katanungang ito “kung bakit,” ang mga salitang ito na naglalantad ng pagbubunyag niya ng katiwalian—naiirita siya sa mga ito: “Bakit? Walang ‘bakit’—gagawin ko ang anumang gusto ko! Ano ang karapatan mo para pungusan ako? Sino ka para gawin ito? Matigas ang ulo ko; ano ang magagawa mo roon? Ngayong umabot na ako sa edad na ito, walang naglalakas-loob na kausapin ako nang ganito. Ako lang ang puwedeng magsalita nang ganito sa iba; walang sinuman ang makakapagsalita sa akin nang ganito. Sino ang maglalakas-loob na pangaralan ako? Hindi pa ipinapanganak ang taong puwedeng mangaral sa akin! Sa tingin mo ba talaga ay puwede mo akong pangaralan?” Umuusbong ang pagkamuhi sa kaibuturan ng puso niya, at naghahanap siya ng pagkakataon para

makapaghiganti. Sa isipan niya, nagkakalkula siya: “May kapangyarihan ba sa iglesia ang taong ito na nagpupungos sa akin? Kung gagantihan ko siya, may magsasalita ba para sa kanya? Kung pahihirapan ko siya, haharapin ba ako ng iglesia? May solusyon ako. Hindi ako gaganti laban sa kanya; lubos na palihim kong gagawin ang isang bagay. May gagawin ako sa pamilya niya na magpapahirap at magpapahiya sa kanya, nang sa gayon ay makalaya ako sa sama ng loob na ito. Kailangan kong makapaghiganti. Hindi ko ito puwedeng palampasin ngayon. Hindi ako nagsimulang manampalataya sa diyos para lang hamak-hamakin ako, at hindi ako pumarito para api-apihin ako ng iba ayon sa gusto nila; pumarito ako para magkamit ng mga pagpapala at pumasok sa kaharian ng langit! Kailangan ng mga tao ang kanilang pagpapahalaga sa sarili, tulad ng pangangailangan ng puno sa balakbak nito. Dapat ay may lakas ang mga tao na ipaglaban ang kanilang dignidad. Ang lakas ng loob mong ilantad ako. Pang-aapi ito! Ngayong hindi mo ako itinuturing na mahalagang tao, dadalhin kita sa impiyerno, at ipapatikim ko sa iyo ang mga kahihinatnan. Magtuos tayo, tingnan natin kung sino ang mas mabangis!” Ang kaunting salita lang ng paglalantad ay lubha nang nagpapagalit sa mga anticristo at pumupukaw sa matindi nilang pagkamuhi, na nagtutulak sa kanila na gumawa ng mga labis-labis na bagay para sa paghihiganti. Lubusang nabubunyag ang malupit nilang disposisyon. Siyempre, kapag gumaganti sila sa iba dahil sa pagkamuhi, hindi ito dahil may pagkamuhi sila o dating sama ng loob sa taong iyon, kundi dahil inilantad ng taong iyon ang mga pagkakamali nila. Ipinapakita nito na ang simpleng paglalantad sa isang anticristo, kahit sino pa ang gumawa nito, at kahit ano pa ang ugnayan nila sa anticristo, ay puwedeng makapukaw sa pagkamuhi nila at mag-udyok ng paghihiganti nila. Kahit sino pa ito, nauunawaan man ng taong ito ang katotohanan, o isa man itong lider o manggagawa, o isang ordinaryong miyembro ng hinirang na mga tao ng Diyos, hangga’t may naglalantad at nagpupungos sa anticristo, ituturing niya ang taong iyon bilang kaaway. Hayagan pa ngang sasabihin ng anticristo na, “Pahihirapan ko ang sinumang nagpupungos sa akin. Ang sinumang nagpupungos sa akin, naglalantad sa mga kahiya-hiyang sikreto ko, nagpapatalsik sa akin sa sambahayan ng diyos, o aagaw sa aking parte ng mga pagpapala, hinding-hindi ko siya tatantanan. Ganyan ako sa sekular na mundo: Walang nangangahas na bigyan ako ng problema. Hindi pa ipinapanganak ang taong mangangahas na abalahin ako!” Ito ang mga uri ng walang awang salita na ibinubulalas ng mga anticristo kapag nahaharap sila sa nagpupungos. Kapag ibinubulalas nila ang mga walang awang salitang ito, hindi ito para takutin ang iba, at hindi rin sila nagbubulalas para protektahan ang sarili nila. Tunay na may kakayahan silang gumawa ng kasamaan, at gagamitin nila ang anumang paraan na magagamit nila. Ito ang malupit na disposisyon ng mga anticristo. Kapag nakakatagpo ng ilang lider at manggagawa ang mga anticristong tulad nito, wala silang lakas ng loob na ilantad ang mga anticristo o umaksiyon laban sa mga ito, at kaya, nagiging mas masahol ang mga anticristo. Mas lalo pang nagiging pangahas ang paggawa nila ng masama, patuloy nilang tinatangkan ilihis at guluhin ang mga tao, at nauuwi ito sa panlilihis at pagkontrol nila sa karamihan

ng tao. Ito ang nagdudulot ng sakuna. Kapag natuklasan ng ilang anticristo na inilantad o iniulat ng mga kapatid ang masasamang gawa nila sa mga mas nakatataas, gumaganti sila at inuulat ang mga kapatid sa malaking pulang dragon—inuulat nila ang mga ito sa rehimen ni Satanas. Isa itong malupit na disposisyon, hindi ba? At, dahil napakalupit ng mga anticristo, talaga bang nananampalataya sila sa Diyos? Tiyak na hindi. Mga alipin sila ni Satanas, at dumating sila para guluhin ang iglesia; masasamang demonyo silang nakapuslit papasok sa sambahayan ng Diyos at walang ginagawa kundi gambalain at sirain ang gawain ng Diyos, at kinontra nila ang Diyos. Kaya, ang mga anticristo ay mga kaaway ng Diyos at ng mga hinirang ng Diyos. Isang malaking pagkakamali na tratuhin ang mga anticristo, masasamang demonyo nang katulad ng pagtrato sa mga kapatid; tiyak na isa kang bulag para magawa ang gayong bagay. Kung ang isang anticristo ay dinidiligan, pinapakain, at sinusuportahan na parang isa siyang kapatid, o kung itinataas ang ranggo niya at binibigyan siya ng mahalagang papel na parang isa siyang taong naghahangad sa katotohanan, gumagawa ng malaking kasamaan ang lider. Nakikibahagi ang lider sa kasamaan ng anticristo, at dapat siyang itiwalag. Kasabwat ng mga anticristo ang gayong mga huwad na lider, at makatarungang sabihin na sila mismo ay mga anticristong dapat alisin at patalsikin.

Kapag pinupungusan ang mga anticristo, ang saloobin nila ay hindi pagtanggap at pagsunod. Sa halip, laban at tutol sila rito, na nagbubunga ng pagkamuhi. Kinamumuhian nila sa kaibuturan ng puso nila ang bawat taong nagpupungos sa kanila, nagbubunyag ng mga kahiya-hiya nilang sekreto at naglalantad ng mga aktuwal nilang sitwasyon. Gaano katindi ang pagkamuhi nila sa iyo? Nagngangalit ang mga ngipin nila sa pagkamuhi, hiling nila na maglaho ka sa paningin nila, at nararamdaman nila na hindi kayo puwedeng umiral sa iisang mundo. Kung ganito ang pakikitungo ng mga anticristo sa mga tao, kaya ba nilang tanggapin ang mga salita ng Diyos na naglalantad at kumokondena sa kanila? Hindi. Ang sinumang maglalantad sa kanila ay kamumuhian nila dahil sa paglalantad sa kanila at sa pagiging hindi pabor sa kanila, at gaganti sila. Nais nilang mawala sa paningin nila ang taong nagpungos sa kanila. Hindi nila matiis na makita ang taong ito na namumuhay nang maayos. Kung mamamatay o daranas ng sakuna ang taong ito, matutuwa sila; hangga't nabubuhay ang taong ito at gumagawa pa rin ng tungkulin nito sa sambahayan ng Diyos, at nagpapatuloy ang mga bagay-bagay gaya ng dati, nakakaramdam sila ng pagdurusa, pagkabalisa, at pagkayamot sa puso nila. Kapag wala silang paraan para makaganti sa isang tao, palihim nila itong isinusumpa, o ipinagdarasal pa nga nila na parusahan at ganting-parusahan ng Diyos ang taong iyon, at na tugunan ng Diyos ang mga hinaing nila. Kapag nabuo ng mga anticristo ang ganitong pagkamuhi, nagreresulta ito sa mga sunud-sunod na pagkilos. Kabilang sa mga pagkilos na ito ang paghihiganti at mga sumpa, at siyempre, may ilan ding pagkilos gaya ng pagdidiin, paninira, at pagkondena sa iba, na nag-uugat sa pagkamuhi. Kapag may nagpupungos sa kanila, sisiraan nila ang taong iyon nang patalikod. Kapag sinabi ng taong iyon na tama ang isang bagay, sasabihin nilang mali ito. Babaluktutin nila ang lahat ng positibong bagay

na ginagawa ng taong iyon at gagawin nila itong negatibo, nagpapakalat sila ng mga kasinungalingang ito at nagsasanhi ng kaguluhan habang nakatalikod ang taong iyon. Uudyukan at aakitin nila ang iba na mangmang at hindi malinaw na nakakaunawa ng mga bagay-bagay o walang sariling pagkilatis, para pumanig sa kanila ang mga taong ito at suportahan sila. Malinaw na walang anumang ginawang masama ang taong nagpupungos sa kanila, pero gusto pa rin nilang paratangan ng masasamang gawa ang taong ito, para maling paniwalaan ng lahat na ginagawa ng taong ito ang mga ganitong uri ng bagay, at magsama-sama ang lahat para itakwil ang taong ito. Ginugulo ng mga anticristo ang buhay iglesia sa ganitong paraan at ginugulo ang mga tao sa paggampan ng tungkulin nila. Ano ang layon nila? Layon nilang pahirapan ang taong nagpupungos sa kanila at ipaabandona sa lahat ang taong ito. May ilang anticristo rin na nagsasabi: “Pinungusan at pinahirapan mo ako, kaya hindi ko rin gagawing madali para sa iyo ang mga bagay-bagay. Ipapatikim ko sa iyo kung ano ang pakiramdam ng mapungusan at maabandona. Paano mo man ako tratuhin, ganoon din kita tatrathin. Kung hindi mo gagawing madali para sa akin ang mga bagay-bagay, huwag kang umasa na magiging madali rin para sa iyo ang mga ito!” Kapag gumagawa ng kasamaan ang mga anticristo, ipinatatawag sila ng ilang lider at manggagawa para makausap, sinasabihan silang magsisi, at binabasahan sila ng mga salita ng Diyos para tulungan at suportahan sila. Bukod sa hindi nila ito tinatanggap, nagpapasimula rin sila ng walang batayang mga tsismis na hindi gumagawa ng tunay na gawain ang lider at hindi kailanman gumagamit ng salita ng Diyos para lutasin ang mga problema. Sa katunayan, nakagawa na ng gayong gawain ang lider, pero binabago at binabaliktad ng mga anticristo ang mga katunayan at sinisiraan ang taong tumutulong sa kanila. Hindi ba’t malupit ito? Nang nakadilat ang mga mata nila, ipinapahayag ng masasamang tao at mga anticristong ito na negatibo ang mga positibong bagay, at na ang kanilang mga maling gawain, pagkakamali, buktot na gawa, at mapaminsalang kilos ay mga positibong bagay na umaayon sa katotohanan. Gaano man kalaki ang maging pagkakamali nila habang ginagawa ang tungkulin nila, gaano man kalaking pinsala ang idinudulot nila sa gawain ng iglesia, hindi nila ito inaamino sineseryoso man lang. Kapag tinatalakay nila ito, ginagawa lang nila itong maliit na bagay at binabalewala. Ang taong nagpupungos sa kanila dahil sa usaping ito ay nagiging makasalanang sa paningin nila at nagiging puntirya ng kritisismo nila. Hindi ba’t pagbabaliklad ito sa katunayan? May ilang anticristo pa nga na gumagawa ng mga maling kontra-akusasyon kapag pinupungusan sila ng isang lider o manggagawa, sinasabi nila: “Ang anumang pagkakamali naming mga kapatid ay sanhi ng kamangmangan at ng hindi maayos na paggawa ng mga lider at manggagawa sa trabaho nila. Kung marunong ang mga lider at manggagawa na gumampan sa gawain nila, kung binigyan nila kami ng mga maagap na paalala, at mahusay nilang pinamahalaan ang mga bagay-bagay, kung gayon, hindi ba’t mababawasan ang mga kawalan sa sambahayan ng diyos? Samakatwid, anuman ang maging mga pagkakamali namin, ang mga lider at manggagawa ang ganap na dapat sisihin at ang dapat na umako

ng pinakamalaking responsabilidad.” Hindi ba’t paggawa ito ng huwad na kontra-pahayag? Ang mga huwad na kontra-pahayag na ito ay pagbabaligtad sa katunayan at isang uri ng paghihiganti.

Ang mga anticristo ay nagtataglay ng lubhang malulupit na disposisyon. Kung susubukan mo silang pungusan o ilantad, kamumuhian ka nila at ibabaon nila sa iyo ang mga ngipin nila na para bang sila ay mga makamandag na ahas. Hindi mo sila maiwawaksi o maiaalis kahit anong pilit mo. Kapag nakakatagpo kayo ng gayong mga anticristo, natatakot ba kayo? May ilang tao na natatakot at nagsasabi, “Hindi ako nangangahas na pungusan sila. Masyado silang mabangis, para silang mga makamandag na ahas, at kung pupulupot sila sa akin, magiging katapusan ko na.” Anong uri ng mga tao ang mga ito? Masyadong mababa ang tayog nila, wala silang silbi sa anumang bagay, hindi sila mabubuting sundalo ni Cristo, at hindi nila kayang magpatotoo sa Diyos. Kaya, ano ang dapat ninyong gawin kapag nakatagpo kayo ng gayong mga anticristo? Kung pinagbabantaan ka nila o tinatangka nilang kitilin ang buhay mo, matatakot ka ba? Sa mga gayong sitwasyon, dapat mabilis kang makipagkaisa sa mga kapatid mo at manindigan, mag-imbetiga, magtipon ng ebidensiya, at ilantad ang anticristo hanggang maalis sila sa iglesia. Lubusan itong paglutas sa problema. Kapag natuklasan mo ang isang anticristo at malinaw mong natukoy na taglay niya ang mga katangian ng isang masamang tao at kaya niyang magpahirap at maghiganti sa iba, huwag mo nang hintayin na makagawa pa siya ng kasamaan at makapagtipon ng ebidensiya bago mo ito pangasiwaan. Ito ay pagiging pasibo at magreresulta sa ilang kawalan. Kapag ipinapakita ng mga anticristo na mayroon silang mga katangian ng isang masamang tao at ibinubunyag nila ang mapanira at mapaminsala nilang disposisyon, at magsisimula na silang kumilos, pinakamainam na agad mo silang pangasiwaan, harapin, alisin, at patalsikin. Ito ang pinakamatinong pamamaraan. Ang ilang tao ay natatakot sa paghihiganti ng mga anticristo at hindi sila naglalakas-loob na ilantad ang mga ito. Hindi ba’t kahangalan ito? Hindi mo magawang pangalagaan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, na likas na nagpapakita na hindi ka tapat sa Diyos. Natatakot ka na puwedeng makahanap ang isang anticristo ng sandata para makaganti sa iyo—ano ang problema? Maaari kayang dahil hindi ka nagtitiwala sa pagiging matuwid ng Diyos? Hindi mo ba alam na ang katotohanan ang naghahari sa sambahayan ng Diyos? Kahit na matuklasan ng isang anticristo ang ilang isyu ng katiwalian sa iyo at gumawa ng gulo tungkol dito, hindi ka dapat matakot. Sa sambahayan ng Diyos, ang mga problema ay pinangangasiwaan batay sa mga katotohanang prinsipyo. Ang paggawa ng mga pagsalangsang ay hindi nangangahulugang masamang tao ang isang tao. Hindi kailanman pinangangasiwaan ng sambahayan ng Diyos ang sinuman dahil sa isang panandaliang pagbubunyag ng katiwalian o paminsan-minsang pagsalangsang. Pinangangasiwaan ng sambahayan ng Diyos ang mga anticristo at masasamang tao na palagi nang gugulo at gumagawa ng masama, at hindi tumatanggap ng kahit katiting na katotohanan. Hindi kailanman inaagrabyado ng sambahayan ng Diyos ang isang

mabuting tao. Tinatrato nito ang lahat nang patas. Kahit na akusahan ng hindi totoo ng mga huwad na lider o anticristo ang isang mabuting tao, ipapawalang-sala siya ng sambahayan ng Diyos. Hindi kailanman aalisin o haharapin ng iglesia ang isang mabuting tao na kayang maglantad ng mga anticristo at na may pagpapahalaga sa katarungan. Palaging natatakot ang mga tao na makakahanap ang mga anticristo ng sandata para gantihan sila. Ngunit hindi ka ba natatakot na masalungat ang Diyos at maranasan ang Kanyang pagtataboy? Kung natatakot ka na makahahapan ng sandata ang isang anticristo na makaganti sa iyo, bakit hindi mo kunin ang ebidensiya ng masasamang gawa ng anticristong iyon para iulat at ilantad siya? Sa paggawa nito, makakamit mo ang pagsang-ayon at pagsuporta ng hinirang na mga tao ng Diyos, at higit sa lahat, matatandaan ng Diyos ang iyong mabubuting gawa at mga kilos ng katarungan. Kaya, bakit hindi mo gawin ito? Dapat palaging isaisip ng hinirang na mga tao ng Diyos ang atas ng Diyos. Ang pag-aalis sa masasamang tao at mga anticristo ang pinakamahalagang laban sa pakikipagsagupa kay Satanas. Kung maipapanalo ang labang ito, magiging patotoo ito ng isang mananagumpay. Ang pakikipaglaban sa mga Satanas at masasamang diyablo ay isang patotoong batay sa karanasan na dapat taglayin ng hinirang na mga tao ng Diyos. Isa itong katotohanang realidad na dapat taglayin ng mga mananagumpay. Pinagkalooban ng Diyos ang mga tao ng napakaraming katotohanan, inakay ka Niya sa loob ng napakahabang panahon, at napakarami Niyang itinustos para sa iyo, para patotohanan at pangalagaan mo ang gawain ng iglesia. Pero lumalabas na kapag gumagawa ng masasamang gawa ang masasamang tao at ang mga anticristo at kapag ginugulo nila ang gawain ng iglesia, nagiging kimi ka at umaatras ka, tumatakbo nang nakatakip ang mga kamay sa ulo—wala kang kuwenta. Hindi mo madaig ang mga Satanas, hindi ka nakapagpatotoo, at kinasusuklanan ka ng Diyos. Sa kritikal na sandaling ito, kailangan mong manindigan at makipagdigma sa mga Satanas, ilantad ang masasamang gawa ng mga anticristo, kondenahin at isumpa sila, huwag silang bigyan ng lugar na mapagtataguan, at alisin sila mula sa iglesia. Ito lang ang maituturing na pagkakamit ng tagumpay laban sa mga Satanas at pagwawakas sa kapalaran nila. Isa ka sa hinirang na mga tao ng Diyos, isang tagasunod ng Diyos. Hindi ka maaaring matakot sa mga hamon; dapat kang kumilos ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Ito ang ibig sabihin ng pagiging isang mananagumpay. Kung natatakot ka sa mga hamon at nakikipagkompromiso ka dahil natatakot ka sa paghihiganti ng masasamang tao o mga anticristo, kung gayon, hindi ka isang tagasunod ng Diyos, at hindi ka kabilang sa hinirang na mga tao ng Diyos. Isa kang walang kuwenta, mas mababa ka pa kaysa sa mga tagapagserbisyo. Maaaring sasabihin ng ilang duwag, “Napakalakas ng mga anticristo; kaya nilang gawin ang anumang bagay. Paano kung maghihiganti sila sa akin?” Salita ito ng magulo ang isipan. Kung natatakot ka sa paghihiganti ng mga anticristo, nasaan ang pananalig mo sa Diyos? Hindi ba’t pinrotektahan ka ng Diyos sa loob ng maraming taon ng iyong buhay? Hindi ba’t nasa mga kamay rin ng Diyos ang mga anticristo? Kung hindi ito pinahihintulutan ng Diyos, ano ang magagawa nila sa iyo?

Dagdag pa rito, gaano man kasama ang mga anticristo, ano ba talaga ang kaya nilang gawin? Hindi ba't masyadong madali para sa hinirang na mga tao ng Diyos na magkaisa at ibunyag, at harapin sila? Kung gayon, bakit ka pa matatakot sa mga anticristo? Ang mga gayong tao ay walang kuwenta at hindi karapat-dapat na sumunod sa Diyos. Umuwi ka na, palakihin mo ang mga anak mo, at ipagpatuloy mo ang buhay mo. Sa harap ng panggugulo ng mga anticristo sa gawain ng iglesia at pamiminsala sa hinirang na mga tao ng Diyos, paano dapat tumugon ang hinirang na mga tao ng Diyos sa masasamang gawa ng mga anticristo? Paano dapat manindigan sa patotoo nila ang mga sumusunod sa Diyos? Paano nila dapat labanan ang mga puwersa ni Satanas at ang mga anticristo? Nagpapasakop ka man at nagiging tapat sa Diyos o nakaupo ka lang sa tabi-tabi at ipinagkakanulo mo ang Diyos ay ganap na mabubunyag kapag nanggugulo, gumagawa ng masama, at sumasalungat sa Diyos ang mga anticristo. Kung hindi ka isang taong nagpapasakop sa Diyos at tapat sa Kanya, kung gayon, isa kang taong nagkakanulo sa Kanya. Walang ibang pagpipilian. Ang ilang naguguluhang indibidwal at iyong mga walang pagkilatis ay pinipiling maging nyutral sa paninindigan nila at hindi sila malinaw na nagpapasya. Sa mga mata ng Diyos, walang katapatan sa Diyos at mga taksil sa Kanya ang mga taong ito. Ang ilang naguguluhang indibidwal, dahil sa karuwagan nila, ay natatakot sa pagpapahirap ng mga anticristo, at paulit-ulit nilang itinatanong sa puso nila, "Ano ang gagawin ko?" Hindi dapat ganito ang itinatanong mo. Ano ba ang dapat mong gawin? (Tuparin ang sarili naming mga tungkulin, lubusang ilantad ang masasamang gawa ng mga anticristo, bigyang-kakayahan ang mga kapatid na matutong magsagawa ng pagkilatis, at itakwil ang mga anticristo. Hindi kami dapat mag-alala sa sarili naming seguridad. Ang pinakamahalagang bagay na dapat naming isaalang-alang ay kung paano tuparin ang tungkulin namin kapag ginugulo ng masasamang tao ang gawain ng iglesia.) Paano kung nakakaapekto ito sa pamilya mo? (Dapat walang pag-aalinlangan naming gampanan ang tungkulin namin. Hindi namin dapat isantabi ang tungkulin namin o hindi kami dapat mabigong manindigan sa patotoo namin dahil lang sa mga mapagmahal na pag-aalala para sa seguridad ng pamilya namin.) Tama. Una sa lahat, dapat kang manindigan sa patotoo mo at dapat mong labanan ang mga anticristo at masasamang tao hanggang sa huli, para hindi sila magkaroon ng puwang sa sambahayan ng Diyos. Kung handa silang magtrabaho, hayaan silang gawin ito ayon sa mga panuntunan, at gawin ang anumang kaya nilang gawin. Kung ayaw nilang magtrabaho, kailangang magkaisa ang lahat at patalsikin ang mga anticristo para hindi sila makagambala, makagulo, o makasira sa gawain ng iglesia sa sambahayan ng Diyos. Ito ang unang bagay na dapat mong gawin at ang patotoo na dapat mong panindigan. Dagdag pa rito, kailangan mong maunawaan na ang pamilya at buhay mo ay pawang nasa mga kamay ng Diyos, at hindi nangangahas si Satanas na kumilos nang padalos-dalos. Sinabi ng Diyos: "Kung walang pahintulot ang Diyos, mahirap para kay Satanas na hipuin kahit na ang isang patak ng tubig o butil ng buhangin sa lupa; kung walang pahintulot ang Diyos, ni hindi malaya si Satanas na galawin man lamang ang mga

langgam sa lupa, lalo na ang sangkatauhan, na nilikha ng Diyos.” Hanggang saan mo magagawang paniwalaan ang mga salitang ito? Ibinubunyag ng pakikipaglaban sa mga anticristo at masasamang tao ang sukat ng iyong pananalig. Kung mayroon kang tunay na pananampalataya sa Diyos, kung gayon, may tunay kang pananalig. Kung maliit lang ang iyong pananampalataya sa Diyos, at malabo at hungkag ang pananampalatayang iyon, kung gayon, wala kang tunay na pananalig. Kung hindi ka nananampalataya na may kakayahan ang Diyos na magkaroon ng kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng ito at na nasa ilalim ng kapamahalaan ng Diyos si Satanas, at natatakot ka pa rin sa mga anticristo at masasamang tao, natitiis mo ang paggawa nila ng kasamaan sa iglesia, ang panggugulo at pagsira nila sa gawain ng iglesia, at kaya mong makipagkompromiso kay Satanas o magmakaawa rito para protektahan ang iyong sarili, nang hindi ka naglalakas-loob na tumindig at labanan sila, at kung ikaw ay naging isang taong lumilisan, mapagpalugod ng mga tao, at isang tagamasid, kung gayon ay wala kang tunay na pananampalataya sa Diyos. Nagiging kuwestiyonable ang pananampalataya mo sa Diyos, dahilan para maging lubhang kaawa-awa ang iyong pananampalataya! Kapag nakikita mo ang mga anticristo at masasamang tao na nanggugulo at nanggagambala sa sambahayan ng Diyos ngunit nananatili kang walang pakialam; kapag ipinagkakanulo mo ang mga interes ng sambahayan ng Diyos at ng Kanyang hinirang na mga tao para protektahan ang sarili mong buhay, pamilya, at lahat ng sarili mong interes, kung gayon ay nagiging taksil ka, isang Hudan. Malinaw at kitang-kita ito. Madalas tayong nagbabahaginan at naghihimay-himay tungkol sa mga anticristo at masasamang tao, tinatalakay natin kung paano sila makilatis at makilala, lahat ng ito ay para makapagbahaginan nang malinaw tungkol sa katotohanan, at mabigyan ang mga tao ng pagkilatis laban sa masasamang tao at mga anticristo, para mailantad sila ng mga tao. Sa ganitong paraan, hindi na malilihis o magugulo ng mga anticristo ang hinirang na mga tao ng Diyos, at makakalaya na sila mula sa impluwensiya at pang-aalipin ni Satanas. Gayumpaman, may mga pilosopiya pa rin ang ilang tao para sa mga makamundong pakikitungo sa puso nila. Hindi nila sinusubukang kilatisin ang masasamang tao at mga anticristo; sa halip, ginagampanan nila ang papel ng mga mapagpalugod ng mga tao. Hindi sila nakikipaglaban sa mga anticristo, hindi sila nagtatakda ng malinaw na distansiya sa mga ito, at pinipili nila ang isang nyutral at maingat na paraan para mapangalagaan ang kanilang sariling mga interes. Hinahayaan nila ang mga diyablong ito—ang masasamang tao at mga anticristong ito—na manatili sa sambahayan ng Diyos, nag-aanyaya ng panganib sa pamamagitan ng pag-aalaga sa mga diyablo. Hinahayaan nila ang mga diyablong ito na walang habas na guluhin ang gawain ng iglesia at ang paggawa ng mga kapatid sa kanilang mga tungkulin. Anong papel ang ginagampanan ng gayong mga tao? Nagiging sanggalang sila para sa mga anticristo at mga kasabwat ng mga anticristo. Bagama’t puwedeng hindi mo ginagawa ang mga bagay na katulad sa mga anticristo o ginagawa ang katulad na masasamang gawa, may parte ka sa kanilang masasamang gawa—ikaw ay kokondenahin. Kinukunsinti at kinakanlong mo ang mga anticristo, hinahayaan silang maghasik ng kaguluhan sa

paligid mo nang hindi gumagawa ng anumang aksiyon o anumang bagay. Hindi ba't may parte ka sa kasamaan ng mga anticristo? Ito ang dahilan kung bakit nagiging kasabwat ng mga anticristo ang ilang huwad na lider at ang mga mapagpalugod ng mga tao. Ang sinumang nakakasaksi sa mga anticristo na nanggugulo sa gawain ng iglesia ngunit hindi naglalantad sa mga anticristo o nagtatakda ng malinaw na distansya mula sa mga ito ay nagiging alipores at kasabwat ng mga ito. Wala silang pagpapasakop at katapatan sa Diyos. Sa mga kritikal na sandali ng labanan sa pagitan ng Diyos at ni Satanas, pumapanig sila kay Satanas, pinoprotektahan nila ang mga anticristo at ipinagkakanulo ang Diyos. Kinasusuklaman ng Diyos ang gayong mga tao.

Kapag nahaharap sa pagpupungos ang mga anticristo, kadalasan ay nagpapakita sila ng matinding paglaban, at pagkatapos ay tinatangka nilang gawin ang lahat para ipagtanggol ang kanilang sarili, at gumagamit sila ng mga nakalililang na argumento at mabulaklak na pananalita para ilihis ang mga tao. Medyo karaniwan ito. Ang pagpapamalas ng pagtanggig ng mga anticristo na tanggapin ang katotohanan ay lubos na naglalantad sa kanilang satanikong kalikasan na pagkamuhi at pagiging tutol sa katotohanan. Ganap na kauri sila ni Satanas. Anuman ang ginagawa ng mga anticristo, nabubunyag ang kanilang disposisyon at diwa. Lalo na sa sambahayan ng Diyos, lahat ng ginagawa nila ay kumontra sa katotohanan, kinokondena ng Diyos, at isang masamang gawa na lumalaban sa Diyos, at lahat ng bagay na ito na ginagawa nila ay lubos na nagpapatibay na ang mga anticristo ay mga Satanas at masasamang demonyo. Samakatwid, pagdating sa pagkakapungos, talagang hindi nila ito tinatanggap sa isang paraan na masayang sumusunod at handa; sa halip, dagdag pa sa paglaban at pagsalungat, kinamumuhian din nila ang pagpupungos, kinamumuhian ang mga nagpupungos sa kanila, at kinamumuhian ang mga naglalantad sa kanilang kalikasang diwa at ang mga naglalantad sa kanilang masasamang gawa. Iniisip ng mga anticristo na sinumang naglalantad sa kanila ay pinahihirapan lang sila, kaya nakikipagkompetensiya at nakikipaglaban sila sa sinumang naglalantad sa kanila. Dahil sa ganitong kalikasan ng mga anticristo, hindi sila kailanman magiging mabait sa sinumang nagpupungos sa kanila, ni hindi sila magpaparaya o magtitiis sa sinumang gumagawa nito, lalo nang hindi nila pasasalamatan o pupurihin ang sinumang gumagawa nito. Bagkus, kung pinupungusan sila ng sinuman at nawawalan sila ng dignidad at napapahiya sila, magtatanim sila ng pagkamuhi sa taong ito sa puso nila, at nanaisin nilang maghanap ng pagkakataong paghigantihan ang taong ito. Napakalaki ng pagkamuhi nila sa iba! Ito ang iniisip nila, at hayagan nilang sasabihin sa harap ng iba, "Ngayon ay napungusan mo na ako, kaya, ngayon ay nakataga na sa bato ang away natin. Humayo ka kung saan mo gusto, at hahayo ako kung saan ko gusto, pero isinusumpa kong maghihiganti ako! Kung ipagtatapat mo sa akin ang kasalanan mo, magyuyuko ka ng ulo sa akin, o luluhod ka at magmamakaawa sa akin, patatawarin kita, kung hindi ay hinding-hindi ko ito palalampasin!" Anuman ang sabihin o gawin ng mga anticristo, hindi nila itinuturing na ang mapagmalasakit na pagpupungos sa kanila ng sinuman o ang taos-pusong tulong

ng sinuman, bilang pagsapit ng pagmamahal at pagliligtas ng Diyos. Sa halip, ang tingin nila rito ay isang tanda ng pagkapahiya, at bilang sandali kung kailan sila lubusang ipinahiya. Ipinapakita nito na hindi talaga tinatanggap ng mga anticristo ang katotohanan, ang disposisyon nila ay pagiging tutol at pagkamuhi sa katotohanan. Nakatagpo na ba kayo ng masasamang tao o mga anticristo na gumanti sa iba dahil pinungusan sila? (Oo.) Paano sila gumanti? Kakila-kilabot ba ang pamamaraan nila ng paghihiganti? (Oo, kakila-kilabot ito. Nakatagpo ako minsan ng anticristo na gumawa ng masasamang gawa sa iglesia, at pagkatapos ilantad ng lider ng iglesia ang pag-uugali niya, nagsimula siyang magpakalat ng walang batayang mga tsismis sa loob ng iglesia, sinasabi niyang hindi gumawa ng tunay na gawain ang lider na ito, at na bumibigkas ng mga salita at doktrina para dalhin ang mga tao sa harapan nito. Pagkatapos, nang ilantad namin ang anticristong ito, noong una ay nagawa niyang magbalatkayo, pero nang magpatuloy kami sa paglalantad sa kanya, pinagbantaan niya kami, sabi niya, “May istasyon ng pulis sa likod ng bahay ko, madalas silang pumunta sa bahay ko.” Ang ibig niyang sabihin, kung muli namin siyang ilalantad, isusumbong niya kami sa mga pulis. Nabunyag ang kalupitan niya.) (Nakatagpo ako minsan ng isang anticristo. May isang sister na nagsulat ng liham para iulat siya, at nang makita niya ang liham na ito, nagkataong may nangyaring peligro sa lugar kung saan nakatira ang sister na ito, kaya tinipon niya ang lahat ng pangunahing katrabaho sa iglesia at sinabi niya, “Bakit biglang nagkaroon ng peligro sa lugar kung saan nakatira ang sister na ito matapos siyang magsulat ng liham para iulat ako? Talagang hindi gumagawa ang diyos ng walang saysay na gawain; marahil ay ibubunyag niya ang isang tao!” Pagkatapos, nagsabi siya ng ilang mapanulsol na bagay na nagbunsod sa lahat na sisihin ang sister, naniniwalang ang sister ang may problema. Sa huli, tinanggal at pinaalis ang sister na ito, at hindi na pinansin at inasikaso ang kanyang liham. Pagkatapos, inihambing namin ang sinabi ng anticristo mula umpisa hanggang dulo, at natuklasan namin na iba-iba ang sinasabi niya sa bawat isa sa amin. Nakita namin na talagang napakalihim na mapanira at napakamapanlinlang niya. Sa wakas, nakilatis namin siya sa pamamagitan ng pagbabahaginan, at makatarungang napangasiwaan ang usapin.) Ngayon, kumpirmado na ang lahat ng anticristo ay masasamang tao, at hangga’t may hawak na kapangyarihan ang masasamang tao, pawang mga anticristo sila.

Kapag nagdudulot ng mga kaguluhan sa iglesia ang mga anticristo, mabuti ba o masama ang bagay na iyon? (Masama.) Paano iyon naging masama? Nagkamali ba ang Diyos? Hindi ba maingat na nagbantay ang Diyos, at pinayagan ba Niyang makapasok ang mga anticristo sa sambahayan Niya? (Hindi ganoon.) Kung gayon, ano ang nangyayari? (Pinahihintulutan ng Diyos ang mga anticristo na makapasok sa iglesia upang lumago tayo sa pagkilatis, matuto tayo kung paano kilatisin ang kanilang kalikasang diwa, hindi hayaang lokohin tayong muli ni Satanas, at magawa nating manindigan sa ating patotoo sa Diyos. Ito ang pagliligtas ng Diyos sa atin.) Palagi nating sinasabi kung gaano kabuktot, kalupit, at kamapaminsala si Satanas, na tutol at namumuhi si Satanas sa katotohanan, pero

nakikita mo ba ito? Nakikita mo ba kung ano ang ginagawa ni Satanas sa espirituwal na mundo? Kung paano ito nagsasalita at kumikilos, kung ano ang saloobin nito sa katotohanan at sa Diyos, kung saan nakalagak ang kabuktutan nito—hindi mo nakikita ang anuman sa mga bagay na ito. Kaya, paano man natin sabihin na buktot si Satanas, na nilalabanan nito ang Diyos, at na tutol ito sa katotohanan, sa iyong isipan, isa lamang itong pahayag. Wala itong tunay na larawan. Napakahungkag nito, at hindi ito praktikal; hindi ito maaaring magsilbing isang praktikal na sanggunian. Ngunit kapag nakaugnayan ng isang tao ang isang anticristo, nakikita niya nang medyo mas malinaw ang buktot at malupit na disposisyon ni Satanas, at ang diwa nito na tutol sa katotohanan, at ang pagkaunawa niya kay Satanas ay medyo mas matalas at praktikal. Kung wala ang mga tunay na tao at halimbawang ito na nakakasalamuha at nakikita ng mga tao, ang kanilang di-umano ay pagkaunawa sa katotohanan ay magiging malabo, hungkag, at hindi praktikal. Ngunit kapag tunay na nakakaugnayan ng mga tao ang mga anticristo at masasamang taong ito, nakikita nila kung paano gumagawa ng masama at lumalaban sa Diyos ang mga ito, at natutukoy nila ang kalikasang diwa ni Satanas. Nakikita nila na ang masasamang tao at anticristong ito ay ang reinkarnasyon ni Satanas—na ang mga ito ang mga buhay na Satanas, ang mga buhay na diyablo. Maaaring magkaroon ng gayong epekto ang pakikipag-ugnayan sa mga anticristo at masasamang tao. Kapag nareinkarnasyon si Satanas bilang isang masamang tao o anticristo, limitado lang ang kakayahan ng katawang laman nito, pero kaya pa rin nitong gumawa ng napakaraming masamang bagay, at magdulot ng napakaraming problema, at maging napakabuktot at lihim na mapanira sa gawa. Samakatwid, ang kasamaang ginagawa ni Satanas sa espirituwal na mundo ay tiyak na higit na mas malaki nang isang daan o isang libong beses kaysa sa kabuuan ng mga nagawa ng lahat ng masamang tao at anticristo na namumuhay sa laman. Kaya, ang mga aral na natututunan ng mga tao sa pakikisalamuha sa masasamang tao at mga anticristo ay malaking tulong sa kanila na magkaroon ng pagkilatis at malinaw na makita ang mukha ni Satanas. Dahil dito, natututo ang mga tao na kumilatis kung anong mga bagay ang positibo at kung anong mga bagay ang negatibo, kung ano ang kinasusuklaman ng Diyos at kung ano ang kaaya-aya para sa Kanya, kung ano ang katotohanan at kung ano ang maling paniniwala, kung ano ang katarungan at kung ano ang kabuktutan, kung ano mismo ang kinamumuhian ng Diyos at kung ano mismo ang minamahal Niya, kung sino ang mga taong itinatakwil at itinitiwag ng Diyos, at kung sino ang mga sinasang-ayunan at nakakamit Niya. Walang saysay na subukang intindihin ang mga katanungang ito sa pamamagitan lamang ng mga doktrina. Dapat maranasan ng isang tao ang maraming bagay, lalo na ang panlilihis at panggugulo ng masasamang tao at mga anticristo. Kapag nagkaroon ng tunay na pagkilatis ang isang tao, saka lang siya makakaunawa sa maraming katotohanan at magkakaroon ng mas malalim at praktikal na pagkaunawa sa kung ano ang hinihingi ng Diyos at kung ano ang nais Niyang makamit. Hindi ba't humahantong ito sa mas malalim na pagkaunawa sa mga layunin ng Diyos? Dahil dito, hindi ba't mas makatitiyak ka na ang Diyos ang

katotohanan at ang Siyang pinakakaibig-ibig? (Oo.) Tinuturuan ng Diyos ang mga tao ng mga aral at ng pagkilatis habang dinaranas nila ang mga bagay-bagay, at tiyak na sinasanay rin Niya ang mga tao habang ibinubunyag ang iba't ibang uri ng tao. Kapag nakakatagpo ang ilang tao ng isang masamang tao o isang anticristo, hindi sila naglalakas-loob na ilantad o tukuyin ito, at hindi sila naglalakas-loob na makipag-ugnayan dito. Natatakot sila, at sinusubukan na lang nilang iwasan ang taong ito, na parang nakakita sila ng makamandag na ahas. Masyadong mahina ang loob ng mga gayong tao para matuto ng mga aral, at hindi sila magkakaroon ng pagkilatis. Kapag nakakatagpo ang ilang tao ng isang masamang tao o isang anticristo, hindi nila binibigyang-pansin ang pagkatuto ng mga aral o pagkakaroon ng pagkilatis; pinapairal nila ang init ng ulo nila sa pakikitungo nila sa masamang tao o anticristo, at kapag dumating ang oras para ilantad at tukuyin ang isang anticristo, wala silang silbi at wala silang magawang anumang praktikal na bagay. Nakikita ng ilang tao na gumagawa ng malaking kasamaan ang isang anticristo, at nakakaramdam sila ng pagtutol dito sa puso nila, pero pakiramdam nila ay wala talaga silang magagawa tungkol dito, na hindi sila puwedeng makialam. Dahil dito, arbitraryo silang pinaglalaruan ng anticristo, at patuloy nila itong tinitii at tinatanggap na lamang nila ang sitwasyon. Pinahihintulutan nila ang anticristo na kumilos nang walang pakundangan at guluhin ang gawain ng iglesia, at hindi nila ito inuulat o inilalantad. Nabigo sila sa responsabilidad at tungkulin nila bilang mga tao. Sa madaling salita, kapag ang masasamang tao at mga anticristo ay gumagawa ng kaguluhan at kumikilos ayon sa gusto nila, ibinubunyag nito ang iba't ibang uri ng tao, at siyempre, nagiging pagsasanay rin ito para sa mga taong naghahangad sa katotohanan at may pagpapahalaga sa katarungan, binibigyang-kakayahan silang lumago sa pagkilatis at kabatiran, may matutunan, at maunawaan ang mga layunin ng Diyos mula rito. Aling mga layunin ng Diyos ang naunawaan na nila? Ipinakita sa kanila na hindi inililigtas ng Diyos ang mga anticristo, kundi ginagamit lamang ng Diyos ang mga anticristo para magserbisyo, at na kapag natapos na ang mga anticristo sa pagseserbisyo, ibinubunyag at itiniwalag sila ng Diyos, at pinarurusahan sila sa huli, sapagkat sila ay masasamang tao at kay Satanas. Ang inililigtas ng Diyos ay isang grupo ng mga tao na, sa kabila ng mga tiwaling disposisyon nila, ay nagmamahal sa mga positibong bagay, at kumikilala na ang Diyos ang katotohanan, at nagpapasakop sa Kanyang kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos, at na, pagkatapos makagawa ng pagsalangsang ay nagagawang tunay na magsisi. Kayang tanggapin ng mga taong ito ang mapungusan, mahatulan at makastigo, at higit pa rito, nagagawa nila itong harapin nang tama kapag inilalantad sila o kapag tinutukoy ng ibang tao ang mga isyu nila. Ang mga taong kayang tumanggap nito at magpasakop dito, at matuto mula rito, paano man gumagawa ang Diyos—ito ang grupo ng mga taong tunay na sumusunod sa Diyos, dumaranas ng Kanyang gawain, at nakakamit Niya.

Dito nagtatapos ang pagbabahaginan natin sa mga pagpapamalas ng kung paano tinatrato ng mga anticristo ang pagkakapungos. Kalaunan, makakakita kayo ng ilang halimbawa na personal ninyong nakita o naranasan, at mahihimay ninyo ang mga ito at

magbabahaginan kayo tungkol sa mga ito batay sa diwa ng mga ito, upang magkaroon ng pagkilatis ang mga kapatid. Ano ang layon ng pagkakaroon nila ng pagkilatis? Para bigyang-kakayahan ang mas maraming tao na itakwil ang mga anticristo, hadlangan at limitahan ang masasamang gawa nila sa iglesia, at pigilan sila na magdulot ng mga pagkagambala at kaguluhan sa iglesia at sa mahahalagang lugar kung saan gumagawa ang mga tao ng mga tungkulin, o na magdulot ng anumang kawalan sa gawain ng iglesia. Ito ay tinatawag na paggapos sa mga anticristo at masasamang tao. Bagama't karamihan sa mga anticristo ay hindi hayagang nanghusga o lumaban sa Diyos sa iglesia, palihim silang gumagawa ng maraming kasamaan. Ginugulo nila ang buhay iglesia, at hinahadlangan at ginugulo nila ang mga lider at manggagawa na nagbabahagi sa katotohanan at kumikilos ayon sa mga prinsipyo. Nagsasabi sila ng mga komentong hindi pinag-isipan at mga arbitraryong panghuhusga sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Kinokondena pa nga nila ang mga lider at manggagawa, nililihis ang hinirang na mga tao ng Diyos, at ginugulo ang gawain ng iglesia, na nakakaapekto sa mga resulta ng paggawa ng hinirang na mga tao ng Diyos sa kanilang mga tungkulin. Ito ang malaking kasamaan ng panggugulo sa gawain ng Diyos. Dapat malaman ng lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos na malaking kasamaan ang ginagawang kasamaan ng mga anticristo, isang kahindik-hindik na kasamaan na walang kapatawaran. Kaya naman, palaging puntirya ng paggapos at paghihigpit sa sambahayan ng Diyos ang mga anticristo. Kailangang mapatalsik ang mga anticristo mula sa iglesia—naaayon ito sa layunin ng Diyos. Kung tinutulutan ang mga anticristo na maging sutil at arbitraryo sa isang iglesia, na sumigaw ng anumang islogan at argumentong nais nila para kontrolin at pagbantaan, o ilihis at iligaw ang mga kapatid, at binabalewala ito ng mga lider at manggagawa at hindi sila kumikilos, at hindi sila naglalakas-loob na ilantad o pigilan ang mga anticristo sa takot na mapasama ang loob ng mga ito, at dahil dito, arbitraryong pinaglalaruan at ginugulo ng mga anticristo ang mga kapatid sa iglesiang iyon, kung gayon, mapagpalugod ng mga tao ang mga lider ng iglesiang iyon, mga basura sila na dapat itiwag. Kung mayroong pagkilatis sa mga anticristo at masasamang tao ang mga lider ng isang iglesia, at binibigyang-kakayahan nila ang hinirang na mga tao ng Diyos na tumindig at ilantad ang mga ito, at alisin ang mga diyablo para maprotektahan ang gawain ng sambahayan ng Diyos, kung gayon, maipapahiya nito ang mga diyablo at si Satanas, at matutugunan din nito ang layunin ng Diyos. Ang mga lider ng iglesiang ito ay mga lider na pasok sa pamantayan at nagtataglay ng katotohanang realidad. Kung nagdurusa ang isang iglesia dahil sa panggugulo ng isang anticristo, at pagkatapos na matukoy at maitakwil ng mga kapatid, walang habas na ginagantihan, inaapi, at kinokondena ng anticristo ang mga kapatid, at kung walang ginagawa ang mga lider ng iglesia, kung nagbubulag-bulagan sila, at sinusubukang hindi mapasama ang loob ng sinuman, kung gayon, mga huwad na lider ang mga lider na iyon. Mga basura sila at dapat itiwag. Bilang isang lider ng iglesia, kung hindi magagamit ng isang tao ang katotohanan para lutasin ang mga problema, kung hindi niya kayang tukuyin, limitahan,

at pangasiwaan ang mga anticristo, kung hahayaan niya ang mga anticristo na malayang gawin ang anumang nais ng mga ito sa loob ng iglesia, mag-amok, at kung hindi niya maprotektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos mula sa pagkalihis, at hindi rin niya maprotektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos para magawa nila nang normal ang tungkulin nila—at, dagdag pa rito, kung hindi niya kayang panatilihin ang normal na pag-usad ng gawain ng iglesia—kung gayon, basura ang lider na iyon at dapat na itiwalag. Kung ang mga lider ng iglesia ay takot na ilantad, pungusan, limitahan, at aksiyonan ang isang anticristo dahil malupit at mabagsik ang anticristo, at kaya tinutulutan nila itong magwala sa iglesia, maging tirano, gawin ang anumang nais nito, at iparalisa ang karamihan sa gawain ng iglesia, pinatitigil ang gawain, kung gayon, ang mga lider ng iglesiang ito ay mga basura rin at dapat na itiwalag. Kung, dahil sa takot sa paghihiganti ay hindi kailanman nagkakaroon ng lakas ng loob ang mga lider ng iglesia na ilantad ang isang anticristo, at hindi nila kailanman sinubukang pigilan ang masasamang gawa ng anticristo, na humantong sa malaking hadlang, kaguluhan, at pinsala sa buhay iglesia at sa buhay pagpasok ng mga kapatid, kung gayon, basura din ang mga lider ng iglesiang ito at dapat itiwalag. I-eendorso ba ninyo na patuloy na mamuno ang mga gayong tao? (Hindi.) Kung gayon, ano ang dapat ninyong gawin kapag nakatagpo kayo ng mga ganitong lider? Dapat mo silang tanungin, “Gumagawa ng napakalaking kasamaan ang mga anticristo, kumikilos sila nang walang pakundangan sa iglesia, sinusubukan nilang mangibabaw—nagagawa mo bang pigilan sila? May lakas ka ba ng loob na ilantad sila? Kung hindi ka maglalakas-loob na umaksiyon laban sa kanila, dapat kang magbitiw. Magbitiw ka na agad. Kung pinoprotektahan mo lang ang sariling mga interes ng laman mo at ibinibigay mo ang mga kapatid sa mga anticristo at masasamang tao dahil natatakot ka sa mga anticristo, kung gayon, dapat kang isumpa. Hindi ka angkop na maging lider—isa kang basura, isang patay na tao!” Dapat ilantad at tanggalin ang mga gayong huwad na lider. Hindi sila gumagawa ng tunay na gawain; kapag nahaharap sa masasamang tao, hindi nila pinoprotektahan ang mga kapatid, bagkus ay lumuluhod sila sa harap ng masasamang tao, nagpapahinuhod sa mga ito, at nagmamakaawa, namumuhay ng isang walang dangal na pag-iral. Basura ang mga gayong lider. Mga taksil sila, at dapat silang itakwil.

Sunod, pagbabahaginan natin ang isa pang punto, iyon ay kung paano nailalantad ang saloobin ng mga anticristo sa mga kinabukasan at kapalaran nila kapag pinupungusan sila. Ang ilang anticristo na gumagawa sa sambahayan ng Diyos ay tahimik na nagpapasyang kumilos nang napakaingat, para maiwasang magkamali, mapungusan, galitin ang ang Itaas o mahuli ng kanilang mga lider na gumagawa ng masama, at tinitiyak nila na may nanonood kapag gumagawa sila ng mabubuting gawa. Subalit, gaano man sila kaingat, dahil mali ang kanilang mga motibo at ang landas na kanilang tinatahak, at dahil nagsasalita at kumikilos lamang sila alang-alang sa kasikatan, pakinabang, at katayuan at hindi nila kailanman hinahanap ang katotohanan, madalas nilang labagin ang mga prinsipyo, gambalain at guluhin ang gawain ng iglesia, kumilos bilang mga alipin ni

Satanas at madalas pa ngang gumawa ng maraming pagsalangsang. Lubhang karaniwan at napakatipikal para sa gayong mga tao na lumabag nang madalas sa mga prinsipyo at gumawa ng mga pagsalangsang. Kaya, mangyari pa, napakahirap para sa kanila na maiwasang mapungusan. Nakita nila na nabunyag at natiwalag ang ilang anticristo dahil mahigpit na pinungusan ang mga ito. Nakita ng sarili nilang mga mata ang mga bagay na ito. Bakit kumikilos nang napakaingat ang mga anticristo? Ang isang tiyak na dahilan ay na natatakot ang mga ito na mabunyag at matiwalag. Iniisip ng mga ito, “Kailangan kong mag-ingat—tutal, ‘Sa pag-iingat nagmumula ang kaligtasan’ at ‘Payapa ang buhay ng mabubuti.’ Kailangan kong sumunod sa mga prinsipyong ito at paalalahanan ang sarili ko sa bawat sandali na iwasang gumawa ng mali o mapasok sa gulo, at kailangan kong pigilan ang aking katiwalian at mga intensyon at huwag hayaan na makita ang mga ito ng sinuman. Basta’t hindi ako gumagawa ng mali at magtitiyaga ako hanggang sa huli, magtatamo ako ng mga pagpapala, makaiwas sa mga kapahamakan, at magtatagumpay ako sa aking pananampalataya sa diyos!” Madalas nilang himukin ang kanilang sarili, engganyuhin at hikayatin ang kanilang sarili sa ganitong paraan. Sa loob-loob, naniniwala sila na kung gagawa sila ng mali, labis na mababawasan ang kanilang mga pagkakataong magtamo ng mga pagpapala. Hindi ba ito ang kalkulasyon at paniniwalang nasa kaibuturan ng kanilang puso? Kung isasantabi kung tama ba o mali ang kalkulasyon o paniniwalang ito ng mga anticristo, batay rito, ano ang lubos nilang ipag-aalala kapag pinupungusan sila? (Ang kanilang kinabukasan at kapalaran.) Iniuugnay nila ang mapungusan sa kanilang mga kinabukasan at kapalaran—may kinalaman ito sa kanilang buktot na kalikasan. Iniisip nila sa kanilang sarili: “Pinupungusan ba ako nang ganito dahil ititiwalag na ako? Dahil ayaw sa akin ng mga tao? Patitigilin ba ako ng sambahayan ng diyos sa paggawa ng tungkuling ito? Hindi ba ako mukhang mapagkakatiwalaan? Papalitan ba ako ng ibang mas magaling? Kung ititiwalag ako, pagpapalain pa rin ba ako? Makapapasok pa rin ba ako sa kaharian ng langit? Mukhang hindi naging masyadong kasiya-siya ang aking paggampan, kaya kailangan kong maging mas maingat sa hinaharap, at matutong maging masunurin at kumilos nang maayos, at hindi gumawa ng anumang gulo. Kailangan kong matutong maging mapagpasensiya, at manatiling buhay kapag naiipit sa isang mahirap na sitwasyon. Araw-araw, kapag gumagawa ako ng mga bagay-bagay, kailangan kong isipin na tumutulay ako sa lubid. Hindi ako maaaring maging kampante. Bagama’t walang-ingat kong nailantad ang sarili ko sa pagkakataong ito at napungusan ako, mukhang hindi naman masyadong istrikto ang tono nila. Tila hindi gaanong malubha ang problema, tila may tsansa pa rin ako—makatatakas pa rin ako sa mga kapahamakan at mapagpapala pa rin, kaya dapat na tanggapin ko na lang ito nang mapagpakumbaba. Mukhang hindi naman ako tatanggalin, lalong hindi ako ititiwalag o patatalsikin, kaya matatanggap ko ang mapungusan sa ganitong paraan.” Isang saloobin ba ito ng pagtanggap sa pagpupungos? Tunay ba itong pagkilala ng isang tao sa kanyang tiwaling disposisyon? Talaga bang pagnanais ito na magsisi at magbagong-buhay? Pagiging tunay na

determinado ba itong kumilos ayon sa mga prinsipyo? Hindi. Kung gayon ay bakit sila kumikilos nang ganito? Dahil sa kaunting pag-asa na maaari nilang iwasan ang mga kapahamakan at mapagpapala sila. Hangga't naroon pa rin ang kaunting pag-asa na iyon, hindi nila maaaring ilantad ang kanilang sarili, hindi nila maaaring ihayag ang tunay nilang pagkatao, hindi nila maaaring sabihin sa iba kung ano ang nasa kaibuturan ng kanilang puso, at hindi nila maaaring hayaang malaman ng iba ang kinikimkim nilang sama ng loob. Kailangan nilang itago ang mga bagay na ito, kailangan nilang magpakumbaba at manahimik dahil sa takot, at hindi tulutang makita ng iba ang tunay nilang pagkatao. Samakatwid, hindi talaga sila nagbabago matapos mapungusan, at patuloy nilang ginagawa ang mga bagay-bagay na tulad ng dati nilang ginagawa. Kaya, ano ang prinsipyo sa likod ng kanilang mga kilos? Para lamang protektahan ang sarili nilang mga interes sa lahat ng bagay. Anumang mga pagkakamali ang magawa nila, hindi nila ipinapaalam iyon sa iba; kailangan nilang ipaisip sa lahat ng nasa paligid nila na perpekto silang tao na walang mga kapintasan o depekto, at na hindi sila nagkakamali kailanman. Ganito sila kung magbalatkayo. Matapos ang matagal nilang pagbabalatkayo, nagiging tiwala sila na kahit papaano ay tiyak na makakaiwas sila sa kapahamakan, mapagpapala sila, at makapapasok sa kaharian ng langit. Ngunit dahil madalas nilang nilalabag ang mga prinsipyo sa mga kilos nila, nagulat sila nang mapungusan sila. Masakit para sa kanila ang mapungusan: "Labis na akong nagdusa; paano ninyo nagagawang pungusan ako? Bakit hindi pa nangyayari sa akin ang dakilang bagay ng pagtanggap ng mga pagpapala? Bakit napakalayo pa rin nitong mangyari sa akin? Kailan matatapos ang pagdurusang ito?" At kapag naririnig nila ang mga salita ng pagpupungos, iniisip nila, "Kung muli akong magiging pabasta-basta, at hindi ko hahangarin ang katotohanan, at sutil akong gagawa ng masasamang bagay na nakakagulo sa gawain ng sambahayan ng diyos, matitiwalag at mapapatalsik ako. Hindi ba't mawawala sa akin ang mga kinabukasan at kapalaran ko? Ang lahat ng pagdurusang dinanas ko sa mga taon ng pananampalataya sa diyos ay magiging walang saysay lahat!" Paulit-ulit silang nagpapasensiya at nagpipigil sa sarili, at sa puso nila, sinasabi nila na, "Kailangan kong tiisin ito! Kailangan kong tiisin ito! Kung hindi ko ito titiisin, masasayang lang ang lahat ng pagdurusang at kawalang-katarungan na dinanas ko. Kailangan kong patuloy na magpursige. Kung magpupursige ako hanggang sa pinakahuli, maliligtas ako! Kung may magsasabi sa akin ng hindi kanais-nais na bagay, magpapanggap na lang ako na hindi ko narinig ang mga ito. Kikilos ako na parang hindi ako ang tinutukoy niya, kundi ang ibang tao." Pero paano man sila makinig, pakiramdam pa rin nila na ang ibig sabihin nito ay wala silang hantungan. Pakiramdam nila, ang pagkakapungos sa kanila sa pagkakataong ito ay pagkokondena sa kanila; nakakaramdam sila ng kawalan ng pag-asa, hindi nila makita ang liwanag, walang kinabukasan at walang hinaharap. Sa sandaling ito, makakaya pa ba ng masasamang tao at mga anticristong ito na manatiling mapagpasensiya? (Hindi, hindi nila kaya. Nakikita nila na gumuho ang pag-asa nilang mapagpala, kaya hindi nila kayang manatiling mapagpasensiya.) Hindi lang ba talaga

nila kayang manatiling mapagpasensiya? Hindi ba't aaksiyunan nila ito? (Oo, aaksiyon sila.) Anong mga aksiyon ang maaaring gagawin nila? (Maaaring magpakalat sila ng pagkanegatibo, at maaaring ilihis nila ang ilang kapatid na walang pagkilatis na pumanig sa kanila, ipagtanggol sila, at ireklamo ang mga hinaing nila.) Tama, sa sandaling makaramdam sila ng kawalan ng pag-asa, aaksiyon sila. Lisipin nila: "Hindi mo ako nililintang o inilalagay sa mahahalagang posisyon, at gusto mo rin akong itiwag. Kung hindi ako pagpapalain, huwag mong isipin na pagpapalain ka! Kung hindi ako papanatilihin sa lugar na ito, may puwang para sa akin sa ibang lugar, pero kung aalis ako, magsasama ako ng dalawang tao sa pagbagsak ko. Hindi ka naging mabait sa akin, kaya gagawan din kita ng masama! Hindi ba't gusto mo akong itiwag? Pagbabayaran mo ang pagsasabi niyan!" Hindi na sila magtitimpi at magsisimula na silang magprotesta, at malalantad ang kalikasang diwa nila ng pagkamuhi sa katotohanan. Pagkatapos, maglalaho lahat ang kanilang kasigasigan, pagtalikod, ang kanilang mga paggugol, at ang kanilang pagdurusa at pagbabayad ng halaga habang gumuguho ang kanilang pag-asa na pagpalain. Sa sandaling iyon, makikita ng mga tao na ang dating kasigasigan nila sa paggugol ng sarili nila para sa Diyos at ang pagdurusa at pagbabayad nila ng halaga ay pawang huwad at isang pagkukunwari lamang.

Sa sandaling matanggal o matiwalag ang mga anticristo, hindi na sila nagtitimpi at malaya silang nagrereklamo, at nalalantad ang malademonyo nilang katangian. Anong malademonyong katangian ang nalalantad? Dati, talagang hindi nila ginampanan ang mga tungkulin nila para maghangad sa katotohanan at magkamit ng kaligtasan, kundi para magkamit ng mga pagpapala, at sinasabi nila ngayon ang katotohanan tungkol dito at ibinubunyag ang totoong sitwasyon. Sinasabi nila: "Kung hindi ako nagsisikap na makapasok sa kaharian ng langit o makakuha ng mga pagpapala at dakilang kaluwalhatian kalaunan, makikisalamuha ba ako sa mga taong tulad ninyo na mas mababa pa kaysa sa dumi? Karapat-dapat ba kayo sa presensiya ko? Hindi ninyo ako nililintang o inaangat, at gusto ninyo akong itiwag. Balang araw, ipapakita ko sa iyo na may kabayaran ang pagtiwalag mo sa akin, at ipapakita ko ang mga kahihinatnan na pagdurusahan mo dahil dito!" Ipinapakalat ng mga anticristo ang mga ideyang ito, at lumalabas mula sa kanila ang mga maladiyablong salitang ito. Kapag hindi na sila makapagtimpi, nalalantad ang mapaminsala nilang kalikasan at malupit na disposisyon, at nagsisimula silang magpakalat ng mga kuru-kuro. Nagsisimula rin silang akitin ang mga bagong mananampalataya, na may medyo mababang tayog at walang pagkilatis, na hindi naghahangad sa katotohanan, at madalas na negatibo at mahina, at inaakit din nila ang mga palaging pabasta-basta sa mga tungkulin nila at hindi tunay na nananampalataya sa Diyos. Gaya ng sinabi nila mismo, "Kung ititiwalag mo ako, isasama ko sa pagbagsak ko ang ibang tao!" Hindi ba't nabubunyag ang sataniko nilang kalikasan? Gagawin ba ito ng mga normal na tao? Sa pangkalahatan, nalulungkot at nasasaktan lang ang mga taong may mga tiwaling disposisyon kapag tinatanggal sila, naniniwala na wala na silang pag-asa, pero dahil sa konsensiya nila ay naiisip nila: "Kasalanan namin ito, hindi namin natupad ang mga

tungkulin namin. Sa hinaharap, magsusumikap akong maging mas mahusay, at ang Diyos na ang bahala kung paano Niya ako tatratin at kung ano ang mga pagpapasya Niya para sa akin, iyon ay gawain ng Diyos. Walang karapatan ang mga tao na humingi ng anumang sa Diyos. Hindi ba't nakabatay sa mga pagpapamalas ng mga tao ang mga kilos ng Diyos? Kung tumatahak ang isang tao sa maling landas, nararapat lamang siyang disiplinahin at ituwid, walang duda rito. Ngayon, ang nakakalungkot ay mahina ang kakayahan ko at hindi ko matugunan ang mga layunin ng Diyos, at hindi ko nauunawaan ang mga katotohanang prinsipyo at kumikilos ako nang arbitraryo at sutil batay sa mga tiwaling disposisyon ko. Nararapat lang na itiwag ako, pero umaasa ako na magkakaroon ako ng pagkakataong makabawi sa hinaharap!" Ang mga taong may maliit na konsensiya ay tatahak sa isang landas gaya nito. Pinipili nilang ikonsidera ang isyu sa ganitong paraan, at sa huli, pinipili rin nilang lutasin ang isyu sa ganitong paraan. Siyempre, hindi marami ang mga elemento ng pagsasagawa sa katotohanan sa loob nito, pero dahil mayroong konsensiya ang mga taong ito, hindi sila aabot sa puntong lalabanan nila ang Diyos, lalapastanganin ang Diyos, o sasalungatin ang Diyos. Pero hindi ganon ang mga anticristo. Dahil mayroon silang malupit na kalikasan, likas silang antagonistiko sa Diyos. Kapag may banta sa mga kinabukasan at kapalaran nila o kapag inalis ang mga ito, kapag wala silang makitang anumang pag-asa na mabuhay, pinipili nilang magpakalat ng mga kuru-kuro, husgahan ang gawain ng Diyos, at udyukan ang mga hindi mananampalatayang kakampi nila na guluhin ang gawain ng sambahayan ng Diyos kasama nila. Tumatanggi pa nga silang panagutan ang anumang dati nilang maling gawa at mga pagsalangsang, pati na ang anumang kawalang idinulot nila sa gawain o ari-arian ng sambahayan ng Diyos. Kapag pinakikitunguhan at itinitiwag sila ng sambahayan ng Diyos, sinasabi nila ang isang pangungusap na pinakamadalas na sinasabi ng mga anticristo. Ano ito? (Kung hindi ako papanatilihin sa lugar na ito, may puwang para sa akin sa ibang lugar.) Hindi ba't isa rin itong maladiyablong pangungusap? Isa itong bagay na hindi kayang sabihin ng isang taong may normal na pagkatao, may pakiramdam ng kahihiyan, at may konsensiya. Tinatawag natin ang mga ito na mga maladiyablong salita. Ang mga ito ay iba't ibang pagpapamalas ng malulupit na disposisyon na ibinubunyag ng mga anticristo kapag pinupungusan sila at nararamdaman nila na nanganganib ang katayuan at reputasyon nila, na may banta sa katayuan at katanyagan nila, at lalo na, malapit na silang pagkaitan ng mga kinabukasan at kapalaran nila; kasabay nito, nalalantad ang kanilang hindi mananampalatayang diwa. Sa realidad, ang pagpupungos ng sambahayan ng Diyos sa mga tao ay ganap na dahil kumikilos sila nang sutil at arbitraryo sa paggampan ng mga tungkulin nila, kaya nagagambala at nagugulo ang gawain ng sambahayan ng Diyos, at hindi sila nagninilay-nilay o nagsisisi—saka lamang sila pinupungusan ng sambahayan ng Diyos. Sa sitwasyong ito, ang pagpupungos ba sa kanila ay nangangahulugang itinitiwag sila? (Hindi.) Tiyak na hindi, dapat tanggapin ito ng mga tao nang positibo. Sa kontekstong ito, ang anumang pagpupungos, sa pamamagitan man ng Diyos o ng tao, nagmumula

man ito sa mga lider at manggagawa o sa mga kapatid, ay hindi mapaminsala, at kapaki-pakinabang ito sa gawain ng iglesia. Ang magawang pungusan ang isang tao kapag kumilos ito nang sutil at arbitrario at kapag ginulo nito ang gawain ng sambahayan ng Diyos, ay isang makatarungan at positibong bagay. Isa itong bagay na dapat gawin ng mga matuwid na tao at ng mga nagmamahal sa katotohanan. Ngunit kapag hindi ito tinatanggap at sa halip ay tinututulan ito ng mga taong pinupungusan dahil sa mga pagsalangsang nila, na nagbubunga ng pagkamuhi at mapaghiganting pag-iisip, hindi ito wasto at buktot ito. Napakaraming taong gumagampan ng mga tungkulin sa sambahayan ng Diyos—sino sa kanila ang hindi nakaranas na mapungusan? Ilang tao ang naging negatibo at tutol dahil pinungusan sila, o nagtangka pa ngang magpakamatay, na pakiramdam nila ay hindi sila pagpapalain at na wala silang pag-asa, at kaya gusto nilang isuko ang tungkulin nila, na maging bastos at mag-alboroto, at nagsimulang mamuhi sa iba, at gusto pa ngang maghiganti sa mga ito? Hindi talaga marami ang mga taong ganoon. Tanging masasamang tao ang makakagawa ng mga gayong bagay. Tanging masasamang tao ang tumuturing sa pagkakapungos bilang maling pagtrato ng mga taong mainitin ang ulo. Siyempre, narapat ang lahat ng pagpupungos na binabanggit ng sambahayan ng Diyos, ginagawa ang lahat ng ito para sa gawain ng iglesia at sa buhay pagpasok ng mga indibidwal. Isa itong positibong bagay na naaayon sa layunin ng Diyos, at ganap na ayon sa salita ng Diyos. Kapag pinupungusan ang mga anticristo, palagi nilang sinusubukang ipagtanggol ang reputasyon, katayuan, at dignidad nila, inuugnay nila ito sa sarili nilang mga interes, at lalo na sa mga kinabukasan at kapalaran nila. Kung nakasasama sa reputasyon, katayuan, at dignidad nila ang pagkakapungos, hindi nila ito kayang tanggapin. Kung matindi ang pagpupungos sa kanila, at hindi lang nito sinisira ang reputasyon, katayuan, at dignidad nila, kundi nagiging banta rin sa mga kinabukasan at kapalaran nila, mas lalo pang hindi nila ito kayang tanggapin. Sa madaling salita, kahit sino pa ang pumupungos sa kanila, hindi ito kayang tanggapin ng mga anticristo mula sa Diyos, hindi nila magawang pagnilayan at kilalanin ang sarili nila, na matuto ng mga aral mula sa pagkakapungos, na magtamo ng tunay na pagsisisi, o ng mas mahusay na paggampan sa mga tungkulin nila. Sa halip, sa puso nila ay lumalaban sila at may saloobin sila ng pagtutol at pagtanggig na tanggapin ito. Ito ang saloobin ng mga anticristo sa pagkakapungos, at kumakatawan din ito sa saloobin nila sa katotohanan.

Pagdating sa pagpupungos, ano ang dapat malaman ng mga tao kahit papaano? Dapat maranasan ang pagkakapungos para magampanan ang tungkulin ng isang tao sa paraang pasok sa pamantayan—hindi puwedeng wala ito. Isa itong bagay na dapat harapin ng mga tao sa araw-araw at maranasan nang madalas para magtamo ng kaligtasan sa kanilang pananalig sa Diyos. Walang sinuman ang maaaring hindi mapungusan. Ang pagkakapungos ba sa isang tao ay isang bagay na may kinalaman sa kanyang mga kinabukasan at kapalaran? (Hindi.) Para saan ba ang pagpupungos sa isang tao? Ito ba ay para kondenahin siya? (Hindi, ito ay para tulungan ang mga

tao na maunawaan ang katotohanan at magawa ang kanilang tungkulin ayon sa mga prinsipyo.) Tama iyon. Iyon ang pinakatamang pagkaunawa ukol dito. Ang pagpupungos sa isang tao ay isang uri ng disiplina, isang uri ng pagtutuwid, at likas na isa rin itong uri ng pagtulong at pagsagip sa mga tao. Ang pagkakapungos ay nagtutulot sa iyo na mabago mo nang maagap ang maling paghahangad mo. Tinutulutan ka nitong agarang matanto ang mga problemang kasalukuyang mayroon ka, at tinutulutan kang makita nang maagap ang mga tiwaling disposisyong ipinapakita mo. Anu't anupaman, nakakatulong sa iyo ang pagkakapungos na malaman mo ang iyong mga pagkakamali at magawa mo ang iyong mga tungkulin ayon sa mga prinsipyo, maagap ka nitong pinipigilan na makapagdulot ng mga pagkalihis at na maligaw, at pinipigilan ka nito na makapagdulot ng mga kalamidad. Hindi ba't ito ang pinakamalaking tulong sa mga tao, ang kanilang pinakamalaking pagsagip? Dapat magawang tratuhin nang tama ng mga may konsensiya at katwiran ang pagkakapungos. Bakit hindi matanggap ng mga anticristo ang pagpupungos? Dahil iniisip nila na ang pagkakapungos ay nagmumula sa tao at hindi sa Diyos. Iniisip nila na ang sinumang pumupungos sa kanila ay nagpapahirap sa buhay nila at pinapahirapan sila. Batay sa mentalidad ng mga anticristo, tumatanggi silang tanggapin ang pagkakapungos sa pangunahing dahilan na hindi nila tinatanggap ang katotohanan. Hindi sila natututo ng mga aral mula sa pagkakapungos, at hindi nila nagagawang kilalanin ang sarili nila o hanapin ang katotohanan. Ito ang pinagmumulan ng hindi nila pagtanggap sa pagkakapungos. Umiiral sa loob ng puso nila ang ganoon kalaking problema, na nagkukumpirma na tutol sa katotohanan at mapanlaban sa katotohanan ang kalikasang diwa ng mga anticristo.

Mayo 2, 2020

**Ikasiyam na Aytem: Ginagawa Nila ang Kanilang
Tungkulin Para Lang Maging Tanyag Sila at
Maisakatuparan ang Kanilang Sariling mga Interes
at Ambisyon; Hindi Nila Kailanman Isinasaalang-alang
ang mga Interes ng Sambahayan ng Diyos,
at Ipinagkakanulo Pa nga ang mga Interes na Iyon,
Ipinagpapalit ang mga Iyon Para sa Kanilang
Personal na Kaluwalhatian (Ikasiyam na Bahagi)**

II. Ang mga Interes ng mga Anticristo

D. Ang Kanilang mga Kinabukasan at Tadhana

4. Kung Paano Tinatrato ng mga Anticristo ang Titulong “Tagapagserbisyo”

Ngayon ay magpapatuloy tayong magbahaginan tungkol sa ikasiyam na aytem ng iba’t ibang pagpapamalas ng mga anticristo: Ginagawa nila ang kanilang tungkulin para lang maging tanyag sila at maisakatuparan ang kanilang sariling mga interes at ambisyon; hindi nila kailanman isinasaalang-alang ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, at ipinagkakanulo pa nga ang mga interes na iyon, ipinagpapalit ang mga iyon para sa kanilang personal na kaluwalhatian. Sa aytem na ito, ang pangunahing paksa ng ating pagbabahaginan ay isang paghihimay sa mga interes ng mga anticristo, at ngayon ay magbabahaginan tayo sa ikaapat na maliit na paksa sa loob ng ikaapat na aytem ng mga interes ng mga anticristo—kung paano nila tinatrato ang titulong “tagapagserbisyo”—at hihimay-himayin kung paano tinatrato ng mga anticristo ang titulong ito. Ang mga sumusunod sa Diyos hanggang ngayon ay pamilyar na sa salitang “tagapagserbisyo,” at sa pangkalahatan ay tinanggap na ng karamihan sa kanila ang titulong ito sa kanilang puso. Batay sa kanilang mga subhetibong kagustuhan, walang pagtutol sa titulong ito. Gayumpaman, pagdating sa mga detalye ng pagsasabi na ang isang tao ay isang tagapagserbisyo, pangunahing nagpapahayag ang taong iyon ng pag-aatubili at kawalan ng kagustuhan, pagkaagrabyado, hindi talaga gustong matawag nang ganito at maging isang tagapagserbisyo. Batay sa mga ekspresyon ng mga tao, bagama’t sumasang-ayon sila na hindi masamang titulo ang “tagapagserbisyo” sa kanilang subhetibong kagustuhan, mula sa isang obhetibong perspektiba, tinatrato pa rin ng mga tao ang titulong “tagapagserbisyo” nang may ilang elemento ng diskriminasyon, pagkamapanlaban, at maging ng kawalan ng kagustuhan—mayroon silang mga ganitong sentimyento tungkol dito. Anuman ang tingin ng mga tao sa titulong “tagapagserbisyo,” kung taos-puso man nila itong matatanggap at maging isang tagapagserbisyo o hindi, o kung may kasamang maraming karumihan at kahilingan ang iniisip nila tungkol sa titulong ito o wala, pagbabahaginan muna natin ngayon kung ano nga ba ang isang tagapagserbisyo, kung paano nga ba tinutukoy at inilalarawan ang titulong “tagapagserbisyo” sa mga mata ng

Diyos, kung ano ang diwa ng mga tagapagserbisyo ito na binabanggit ng Diyos, at kung paano itinuturing ng Diyos ang salitang “tagapagserbisyo” at kung paano iyon naiiba sa kung paano ito itinuturing ng mga tao, nang sa gayon ay magkaroon kayong lahat ng tumpak na pagkaunawa at konsepto sa puso ninyo ukol sa titulong “tagapagserbisyo.”

a. Ang Depinisyon at Pinagmulan ng Titulong “Tagapagserbisyo”

Ang salitang “tagapagserbisyo” ay literal na nangangahulugan na isang tao na gumagawa at nagsusumikap para sa isang bagay. Kung susukatin natin ang titulong ito batay sa posisyon, tumutukoy ito sa isang tao na pansamantalang ginagamit. Ibig sabihin, kung itinuturing ang isang tao bilang isang tagapagserbisyo at nagsisimula siyang gumawa ng isang trabaho o tumanggap ng gawain sa isang industriya, kung gayon ay hindi ito isang pangmatagalang propesyon sa industriya o trabaho na kanilang isinasagawa, kundi pansamantala lamang ito. Pansamantala silang pinaggugugol ng pagsisikap at pinagseserbisyo sa industriya o trabahong ito sa loob ng ilang panahon. Wala silang kinabukasan, walang hinaharap, at walang natatanggap na anumang materyal na benepisyo. Hindi nila kailangang pumasan ng anumang responsabilidad; binabayaran lang sila para sa kanilang pagtatrabaho. Kapag natapos na ang trabahong itinalaga sa kanila, hindi na sila kailangan, at kukunin lang nila ang kanilang sahod at aalis na sila. Sa madaling salita, pansamantala lang ito, at pinagtatrabaho lamang sila kapag kinakailangan. Ito ang literal na pagkaunawa sa isang tagapagserbisyo. Kung bibigyang-pakahulugan natin ang salitang “tagapagserbisyo” ayon sa mga ideya ng sangkatauhan, ang mga tagapagserbisyo ay tinutukoy bilang “mga kontraktuwal na manggagawa” at “mga pansamantalang manggagawa,” mga taong pansamantalang nagtatrabaho o gumugugol ng pagsisikap para sa isang trabaho o industriya. Ang tanging koneksiyon nila ay sa panahon kung kailan kinakailangan sila para sa isang trabaho, at kapag natapos na ang panahong iyon, wala na silang halaga. Ito ay dahil hindi na sila kailangan, at hindi na sila mapapakinabangan—naubos na ang kanilang halaga sa panahong iyon. Ito ang literal na kahulugan na nauunawaan at nakikita ng mga tao patungkol sa salitang “tagapagserbisyo.” Sa loob ng kahulugan na kayang ipahayag ng wika ng tao, ibig sabihin, ang kahulugan ng titulong “tagapagserbisyo” ayon sa sinabi ng Diyos na kayang maarok ng mga tao, mayroon bang antas ng kahulugan na naaayon sa katotohanan? Mayroon bang antas ng kahulugan na umaayon sa normal na pagkatao at pagkamakatwiran? Mayroon bang antas ng kahulugan na dapat maunawaan ng mga tao bilang mga tunay na nilikha? Mayroon bang antas ng kahulugan tungkol sa kung paano tinatrato ng Diyos ang titulong ito? (Wala.) Paano ninyo nalalaman na wala? Hindi kayo makasagot, hindi ninyo ito maipaliwanag. May mga estudyante sa unibersidad sa inyo, mga graduate student, mga estudyante sa doktoral, at mga propesor, pero wala ni isa sa inyo ang makapagpaliwanag nito nang malinaw, tama ba? (Oo, tama.) Ito ang pagkakaiba sa pagitan ng kaalaman at ng katotohanan. Maaaring edukado ka, maaaring alam mo ang mga indibidwal na termino na “serbisyo” at “tagagawa,” at kapag pinagsama ang mga

salitang ito para bumuo ng isang salita, para ilarawan ang isang uri ng tao at isang grupo ng mga tao, mauunawaan mo ang diwa ng mga taong ito, ang kanilang mga pagpapamalas, at ang kanilang ranggo sa gitna ng sangkatauhan, ngunit kapag hindi mo maunawaan ang salitang ito mula sa perspektiba ng katotohanan at sa perspektiba ng isang nilikha, saan ba mismo nanggagaling ang iyong pang-unawa? Ano ba ang mismong diwa ng salitang ito na nauunawaan mo? Hindi ba't ito ay isang pagkaunawa sa salitang "tagapagserbisyo" na nagmula sa tiwaling sangkatauhang ito, sa lipunang ito, at sa kaalaman ng sangkatauhan? (Oo, ganoon nga.) Ang kaalaman ba ng tao ay kaayon o kontra sa katotohanan? (Ito ay kontra sa katotohanan.) Kung gayon, kapag mayroon kang ganitong pagkaunawa at pagkaarok sa salitang ito, sumasalungat ka ba sa Diyos o umaayon sa Diyos? Malinaw na kapag nauunawaan at naaarok mo ang salitang ito gamit ang iyong kaalaman, ang iyong isipan, hindi mo sinasadya at hindi mo namamalayang sumasalungat ka sa Diyos. Kapag ginagamit mo ang iyong kaalaman para unawain ang salitang ito, hindi maiiwasang makakaramdam ka ng paglaban, pagkasuklam, pagkayamot, at maging ng pagkapoot sa salitang "tagapagserbisyo." Mayroon bang anumang pagpapasakop dito? Mayroon bang tunay na pagtanggap? (Wala.) Sinasabi ng ilang tao: "Tinatanggap ko ang magagandang salita, pero bakit dapat kong tanggapin ang masamang salitang ito? Sapat na iyong hindi ako nakakaramdam ng pagtutol dito. Halimbawa, tinatanggap ko ang mga positibong termino tulad ng 'pagtanggap ng korona,' 'pagtanggap ng mga gantimpala,' 'pagiging pinagpala,' 'pagpasok sa kaharian,' 'pag-akyat sa langit,' 'hindi pagpunta sa impiyerno,' 'hindi napaparusahan,' at 'pagiging panganay na anak na lalaki.' Natural lang ito, ito ang ordinaryong tugon ng tao, at ito ang mga bagay na dapat hangarin ng mga tao. Para naman sa mga negatibong termino tulad ng 'masasamang tao,' 'mga anticristo,' 'napaparusahan,' at 'napupunta sa impiyerno,' walang sinumang gustong tumanggap ng mga iyon. Ang salitang 'tagapagserbisyo' ay neutral, pero ayon sa pagkakaintindi ko, hindi ko ito matatanggap, at sapat na para sa akin na hindi ito hamakin. Kung kailangan ko itong tanggapin nang kusang-loob at magpasakop dito at tanggapin ito mula sa Diyos, hindi talaga iyon posible." Hindi ba't ganito mag-isip ang mga tao? (Oo, ganito nga.) Tama ba o mali ang ganitong paraan ng pag-iisip? (Mali ito.) Kailan mo nalaman na mali ito? Ngayon lang, hindi ba? Problema iyan. Ngayon mo lang nalaman na mali ito. Bago mo ito napagtanto, mukhang tinanggap mo na ang titulong "tagapagserbisyo" sa panlabas, at subhetibo mo na itong tinanggap—at totoo ba ang pagtanggap na ito o huwad? (Huwad ito.) Malinaw na hindi ito totoo, at hindi ka rin lubos na handang tanggapin ito. Mayroong pagiging huwad, pagkukunwari, at pag-aatubili rito, at may pakiramdam din na wala ka nang ibang pagpipilian.

Ang pinagbahaginan natin ngayon lang ay ang tunay na mga reaksiyon at pagpapamalas ng mga tao patungkol sa titulong "tagapagserbisyo," at ganap nitong ipinapakita ang mga opinyon, pananaw, at pagkaarok ng mga tao tungkol sa titulong ito, ganap na ibinubunyag na ang saloobin ng mga tao sa titulong ito ay pag-aatubili, diskriminasyon at pagkasuklam, at pagtutol mula sa kaibuturan ng kanilang puso. Ito ay

dahil hinahamak ng mga tao ang pagiging tagapagserbisyo, hinahamak nila ang salitang “tagapagserbisyo,” hindi sila handang maging tagapagserbisyo, at kinamumuhian nila na maging tagapagserbisyo. Ito ang pagkaunawa at saloobin ng mga tao tungkol sa titulong ito. Ngayon, tingnan natin kung ano nga ba mismo ang tingin ng Diyos sa mga tagapagserbisyo, kung paano nagkaroon ng salitang “tagapagserbisyo,” kung ano ang diwa ng titulong ito sa mga mata ng Diyos, at kung ano ang pinagmulan nito. Ang literal na kahulugan ng “tagapagserbisyo,” kung sa wika ng sangkatauhan, ay isang pansamantalang manggagawa, isang tao na pansamantalang naglilingkod sa isang industriya o trabaho, at isang tao na kailangan lang pansamantala. Sa plano ng pamamahala ng Diyos, sa gawain ng Diyos, at sa sambahayan ng Diyos, ang grupong ito ng mga tao na tinatawag na tagapagserbisyo ay kailangang-kailangan. Nang dumating ang mga taong ito sa sambahayan ng Diyos, sa lugar ng gawain ng Diyos, wala silang alam tungkol sa Diyos o sa pananalig sa Diyos, lalong wala silang alam tungkol sa gawain ng Diyos o sa Kanyang plano ng pamamahala. Wala silang nauunawaan; sila ay mga tagalabas lamang, mga walang pananampalataya. Kapag dumating sa sambahayan ng Diyos ang mga taong walang pananampalataya sa mga mata ng Diyos, ano ang magagawa nila para sa Kanya? Maaaring masabi na wala silang anumang magagawa. Dahil puno ng tiwaling disposisyon ang mga tao at hindi talaga nila kilala ang Diyos, at dahil sa kalikasang diwa ng mga tao, ang tanging magagawa nila ay gawin ang anumang itinatagubilin ng Diyos sa kanila. Sinusunod nila ang gawain ng Diyos hanggang sa anumang punto ito umaabot, ang kanilang kaalaman ay umaabot lamang hanggang sa kung saan sila dinadala ng mga salita ng Diyos; alam lamang nila ang Kanyang mga salita, at wala silang nauunawaan sa mga ito kahit kaunti. Pasibong isinasagawa ng mga taong ito ang bawat trabahong ipinapagawa sa kanila ng Diyos—ganap silang pasibo, at hindi aktibo. Dito, ang ibig sabihin ng “pasibo” ay na hindi nila alam kung ano ang gagawin ng Diyos, hindi nila alam kung ano ang ipinapagawa sa kanila ng Diyos, hindi nila alam ang katuturan o halaga ng gawaing ipinapagawa sa kanila ng Diyos, at hindi nila alam kung anong landas ang dapat nilang sundin. Pagdating sa sambahayan ng Diyos, para silang mga makina na gumagana lamang ayon sa kung paano sila pinapatakbo ng Diyos. Ano ang kailangan ng Diyos mula sa kanila? Alam ba ninyo? (Ang mga tao ay ang mga pakay ng pagpapahayag ng Diyos sa katotohanan para humatol. Ang mga tao ang mga pakay ng mga salita ng Diyos.) Isang parte ito; ang mga tao ay pakay ng mga salita ng Diyos. Ano pa? Paano naman ang mga kaloob ng tao? (Oo.) Paano naman ang pag-iisip ng normal na pagkatao? (Oo.) Gagamitin ka lang ng Diyos kung taglay mo ang pag-iisip ng normal na pagkatao. Kung wala kang konsensiya at katwiran, hindi ka kalipikado na maging tagapagserbisyo man lang. Ano pa ba? (Mga kasanayan at espesyal na talento ng mga tao.) Kasama ang mga ito sa mga kaloob at parte na rin nito—ang iba’t ibang kasanayang taglay ng mga tao. Ano pa? (Ang determinasyon na makipagtulungan sa Diyos.) Parte rin ito nito, ang pagnanais na sumunod at magpasakop, at siyempre, masasabi rin na pagnanais ng mga tao na mahalin ang mga positibong bagay at mahalin

ang katotohanan. Ang pagnanais na sumunod at magpasakop ay ang determinasyon na makipagtulungan sa Diyos, ngunit alin ang pinakaangkop na paraan para sabihin ito? (Ang pagnanais na sumunod at magpasakop.) Tama, ang salitang “pagnanais” ay mas malawak at mas malaki ang nasasaklaw. Kung gagamitin natin ang salitang “determinasyon,” medyo mas makitid ang saklaw. Bukod dito, ang “pagnanais” ay mas magaan sa antas kaysa sa “determinasyon,” na nangangahulugan na pagkatapos mong magkaroon ng pagnanais, unti-unti kang nagkakaroon ng iba’t ibang uri ng determinasyon; ang determinasyon ay mas partikular, samantalang ang pagnanais ay mas malawak. Para sa Lumikha, ito ang ilang bagay na kailangan ng Diyos mula sa tiwaling sangkatauhan. Ibig sabihin, kapag ang isang tagalabas na lubos na walang alam tungkol sa Diyos, sa pamamahala ng Diyos, sa diwa ng Diyos, sa mga pagbigkas ng Diyos, at sa disposisyon ng Diyos ay dumating sa sambahayan ng Diyos, para siyang isang makina, at ang kaya niyang gawin para sa Diyos at sa pakikipagtulungan niya sa gawain ng Diyos ay talagang walang kinalaman sa pamantayan na hinihingi ng Diyos—ang katotohanan. Ang mga bagay ng mga ganitong tao na maaaring gamitin ng Diyos ay ang mga bagay na nabanggit na: Una, ang mga taong ito ay maaaring maging pakay ng mga salita ng Diyos; pangalawa, ang mga kaloob na taglay ng mga taong ito; pangatlo, taglay ng mga taong ito ang pag-iisip ng normal na pagkatao; pang-apat, ang iba’t ibang kasanayan na taglay ng mga taong ito; panglima—at ito ang pinakamahalaga—ang mga taong ito ay may pagnanais na sumunod at magpasakop sa mga salita ng Diyos. Lahat ng bagay na ito ay napakahalaga. Kapag taglay na ng isang tao ang lahat ng bagay na ito, nagsisimula na siyang maglingkod sa gawain ng Diyos at sa plano ng pamamahala ng Diyos, at opisyal na tumahak sa tamang landas, ibig sabihin, opisyal na siyang naging isang tagapagserbisyo sa sambahayan ng Diyos.

Kapag hindi nauunawaan ng mga tao ang mga salita ng Diyos, ang katotohanan, o ang mga layunin ng Diyos, at wala silang takot sa Diyos kahit kaunti, wala na silang magiging ibang papel kundi ang maging tagapagserbisyo. Ibig sabihin, ikaw ay isang tagapagserbisyo, handa ka man o hindi—hindi mo matatakan ang titulong ito. Sinasabi ng ilang tao: “Nananampalataya ako sa Diyos buong buhay ko. Simula nang manampalataya ako kay Jesus hanggang ngayon, ilang dekada na ang lumipas—talaga bang isa pa rin akong tagapagserbisyo?” Ano ang tingin mo sa katanungang ito? Sino ba ang tinatanong nila tungkol dito? Dapat nilang tanungin at pagnilayan ang kanilang sarili: “Nauunawaan ko na ba ngayon ang mga layunin ng Diyos? Kapag ginagawa ko ang tungkulin ko ngayon, nagsusumikap lang ba ako o isinasagawa ko ba ang katotohanan? Sinusunod ko ba ang landas ng paghahangad at pag-unawa sa katotohanan? Nakapasok na ba ako sa katotohanang realidad? Mayroon ba akong may-takot-sa-Diyos na puso? Ako ba ay isang taong nagpapasakop sa Diyos?” Dapat nilang pagnilayan ang kanilang sarili kaugnay sa mga bagay na ito. Kung naabot na nila ang mga pamantayang ito, kung kaya nilang manindigan kapag nahaharap sa mga pagsubok ng Diyos, at kung kaya nilang matakot sa Diyos at umiwas sa kasamaan, siyempre, hindi na sila isang

tagapagserbisyo. Kung hindi nila naabot ang ni isa sa mga pamantayang ito, walang duda na nananatili silang isang tagapagserbisyo, at ito ay isang bagay na hindi matatakas o maiiwasan. Sinasabi ng ilang tao: “Nananampalataya ako sa Diyos nang higit sa 30 taon, hindi pa kasama roon ang mga taon na ginugol ko sa pananampalataya kay Jesus. Simula sa panahong ito na nagkatawang-tao, nagpakita, gumawa ang Diyos, at nagsimulang magsalita ng Kanyang mga pagbigkas, naging tagasunod na ako ng Diyos. Kasama ako sa mga unang personal na nakaranas ng gawain ng Diyos, at kasama ako sa mga unang nakarinig ng mga salitang binigkas ng Kanyang bibig. Napakaraming taon na ang lumipas mula noon, at nananampalataya at sumusunod pa rin ako sa Diyos. Ilang beses na akong naharap sa pag-aresto at pag-uusig at nakaranas ako ng napakaraming panganib, at palagi akong pinoprotektahan at ginagabayan ng Diyos; hindi ako kailanman inabandona ng Diyos. Ginagawa ko pa rin ang tungkulin ko ngayon, paganda nang paganda ang kalagayan ko, patuloy na tumitibay ang aking pananalig, at wala akong anumang pagdududa sa Diyos—talaga bang isa pa rin akong tagapagserbisyo?” Sino ba ang tinatanong mo? Hindi ba’t maling tao ang tinatanong mo? Hindi mo dapat itanong ito. Dahil napakaraming taon ka nang nananampalataya, hindi ba’t alam mo na kung ikaw ay isang tagapagserbisyo o hindi? Kung hindi mo alam, bakit hindi mo tanungin ang sarili mo kung taglay mo ba ang katotohanang realidad, kung nagtataglay ka ba ng may-takot-sa-Diyos na puso, at kung umaasal ka ba sa paraang umiiwas sa kasamaan? Napakaraming taon nang gumagawa ang Diyos, bumibigkas Siya ng napakaraming salitang ito, at gaano karami na ang iyong naunawaan at napasok? Gaano na karami ang nakamit mo? Ilang pagpupungos, at ilang pagsubok at pagpipino na ang natanggap mo? Nang tanggapin mo ang mga ito, nanindigan ka ba sa iyong patotoo? Nagawa mo bang magpatotoo para sa Diyos? Kapag nahaharap ka sa mga pagsubok na katulad ng kay Job, kaya mo bang itatwa ang Diyos? Gaano kalaki mismo ang pananalig mo sa Diyos? Ang pananalig mo ba ay basta lang na pananampalataya, o tunay ba itong pananalig? Tanungin mo ang sarili mo ng mga katanungang ito. Kung hindi mo alam ang mga sagot sa mga katanungang ito, kung gayon ay isa kang taong magulo ang isip, at alam Kong sumusunod ka lang sa agos—ni hindi ka karapat-dapat na tawaging tagapagserbisyo. Ang isang taong nagkikimkim ng ganitong uri ng saloobin tungkol sa titulong “tagapagserbisyo” at nalilito pa rin sa puso niya ay sobrang kahabag-habag. Ni hindi niya alam kung ano siya, samantalang ang Diyos ay ganap na malinaw at klaro sa pagtrato Niya sa lahat ng tao.

Nagbahaginan tayo tungkol sa kung ano mismo ang orihinal na pakahulugan ng Diyos tungkol sa salitang “tagapagserbisyo.” Kapag pumasok ang mga tao sa sambahayan ng Diyos, sa umpisa, kapag hindi nila nauunawaan ang katotohanan at nagtataglay lamang sila ng iba’t ibang pagnanais o kaunting determinasyon na makipagtulungan, maaaring ang papel na ginagampanan lamang nila sa panahong iyon ay bilang isang tagapagserbisyo. Siyempre, hindi masyadong magandang pakinggan ang salitang “serbisyo.” Sa ibang salita, nangangahulugan ito na maglingkod at magtrabaho para sa

gawain ng pamamahala ng Diyos upang iligtas ang sangkatauhan; nangangahulugan ito na magsikap. Hindi nakakaunawa ng anumang katotohanan ang mga taong ito, ni nakakaunawa sa mga layunin ng Diyos, at wala silang maiambag na anumang pagsisikap o hindi nila magawang makipagtulungan sa anumang paraan sa partikular na gawaing isinasagawa ng Diyos para iligtas at pamahalaan ang sangkatauhan, pati na sa iba't ibang gawain na may kaugnayan sa katotohanan. Mayroon lamang silang mga kasanayan at mga kaloob, at kaya lamang nilang magpakita ng kaunting pagsisikap at magsalita ng ilang bagay para sa partikular na gawain ng pangkalahatang usapin at gumawa ng ilang serbisyong pangsuyod. Kung ito ang diwa ng gawain ng mga taong gumagawa ng kanilang tungkulin, kung pangserbisyo lang na papel ang ginagampanan nila, kung gayon ay mahihirapan silang iwaksi ang titulong “tagapagserbisyo.” Bakit mahirap itong iwaksi? Mayroon ba itong anumang kinalaman sa depinisyon ng Diyos tungkol sa titulong ito? Oo, tiyak na mayroon. Napakadali para sa mga tao na magsumikap nang kaunti at gumawa ng mga bagay ayon sa kanilang mga likas na abilidad at mga kaloob at isipan, subalit ang mamuhay ayon sa katotohanan, pumasok sa katotohanang realidad, at kumilos ayon sa mga layunin ng Diyos ay sobrang nakakapagod; nangangailangan ito ng oras, paggabay ng Diyos, kaliwanagan ng Diyos, at pagdidisiplina ng Diyos, at higit sa lahat ay nangangailangan ito ng pagtanggap sa paghatol at pagkasting ng mga salita ng Diyos. Samakatwid, habang gumagawa ang mga tao para makamit ang mga layong ito, ang nagagawa at naibibigay ng karamihan sa mga tao ay ang mga bagay na nabanggit: pagiging mga pakay ng mga salita ng Diyos, pagtataglay ng ilang kaloob at pagkakaroon ng silbi sa sambahayan ng Diyos, pagtataglay ng pag-iisip ng normal na pagkatao at pagkakaroon ng kakayahang arukin at isakatuparan ang anumang trabahong iniaatas sa kanila, pagtataglay ng ilang kasanayan at pagkakaroon ng kakayahang gamitin ang kanilang mga espesyal na talento sa isang partikular na gawain sa sambahayan ng Diyos, at, ang pinakamahalaga, ang pagkakaroon ng pagnanais na sumunod at magpasakop. Kapag nagseserbisyo ka sa sambahayan ng Diyos, kapag nagsisikap ka para sa gawain ng Diyos, kung mayroon ka man lang kahit kaunting pagnanais na sumunod at magpasakop, hindi ka magiging negatibo o tamad. Sa halip, gagawin mo ang lahat ng iyong makakaya para kontrolin ang sarili at gumawa ng mas kaunting masamang bagay habang gumagawa ng mas maraming mabuting bagay. Hindi ba’t ganito ang kalagayan at kondisyon ng karamihan sa mga tao? Siyempre, napakakaunti sa inyo ang nakalampas na sa kalagayan at saklaw na ito. At ano ang nagawang taglayin ng napakakaunting taong ito? Nagawa nilang maunawaan ang katotohanan at taglayin ang katotohanang realidad. Kapag nahaharap sila sa mga isyu, kaya nilang magdasal at hanapin ang mga layunin ng Diyos, at kaya nilang kumilos ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Ang kanilang pagnanais na sumunod at magpasakop ay hindi na hanggang determinasyon lang, bagkus ay kaya na nila na aktibong isagawa ang mga salita ng Diyos, kumilos ayon sa mga hinihingi ng Diyos, at magtaglay ng may-takot-sa-Diyos na puso kapag nahaharap sa mga isyu. Hindi sila nagsasalita o kumikilos nang hindi nag-iisip,

at sa halip ay maingat sila. Lalo na kapag hindi ayon sa kanilang sariling mga ideya ang pagkakapungos sa kanila, hindi nila hinuhusgahan ang Diyos, hindi sila nakikipagtalo sa Kanya, at wala silang nararamdamang pagtutol sa puso nila. Sa kaibuturan ng kanilang puso, tunay nilang tinatanggap ang pagkakakilanlan, katayuan, at diwa ng Diyos. Mayroon bang anumang pagkakaiba sa pagitan ng mga taong ito at ng mga tagapagserbisyo? Ano ang mga pagkakaibang iyon? Ang unang pagkakaiba ay na nauunawaan nila ang katotohanan, at ang pangalawa ay na kaya nilang isagawa ang ilang katotohanan. Pangatlo, mayroon silang kaunting kaalaman tungkol sa Diyos, at pang-apat, ang kanilang pagsunod at pagpapasakop ay hindi na mga pagnanais lamang, kundi naging subhetibong saloobin na—sila ay naging tunay na mapagpasakop. Panglima—at ito ang pinakaimportante at pinahahalagahan sa mga puntong ito—nagkaroon na sila ng may-takot-sa-Diyos na puso. Masasabi na naiwaksi na ng mga taong iyon na nagtataglay ng mga bagay na ito ang titulong “tagapagserbisyo.” Ito ay dahil, batay sa kanilang iba’t ibang aspekto ng pagpasok, at sa kanilang saloobin sa katotohanan, pati na rin sa antas ng kanilang kaalaman tungkol sa Diyos, hindi na ito kasingsimple ng paggawa nila ng isang propesyonal na trabaho sa sambahayan ng Diyos, at hindi na sila mga pansamantalang manggagawa na pansamantalang tinawag para gumawa ng kaunting gawain. Ibig sabihin, hindi narito ang mga taong ito para sa mga pansamantalang gantimpala; hindi sila ni-recruit para pansamantalang gamitin at obserbahan sa panahon na ginagamit sila para makita kung kaya ba nilang akuin ang gawaing ito nang pangmatagalan. Sa halip, naisasagawa nila ang katotohanan at nagagawa nang maayos ang kanilang tungkulin. Kaya, naiwaksi na ng mga taong ito ang titulo, ang katawagan na “tagapagserbisyo.” Nakakita na ba kayo ng mga gayong tao? May mga gayong tao sa iglesia. Gusto ninyong malaman kung sino-sino ang mga taong ito at kung ilan sila, pero hindi Ko ito masasabi sa ngayon; kapag nauunawaan na ninyo ang katotohanan, makikilatis ninyo sila. Ang dapat ninyong malaman ay kung nasa anong uri ng kalagayan kayo naroroon, kung aling landas ang nasa unahan ninyo na inyong sinusunod, at kung aling landas ang dapat ninyong sinusunod—ito ang mga bagay na dapat ninyong malaman.

Ngayon, ipinataw ba ng Diyos ang titulong “tagapagserbisyo” sa mga tao? Ginagamit ba ng Diyos ang titulong ito para maliitin ang mga tao, para ikategorya at iklasipika sila? (Hindi.) Kung gayon, paano binigyang-kahulugan ng Diyos ang titulong ito? Ang pagbibigay ng Diyos ng titulo sa mga tao ay hindi basta-bastang pagbibigay Niya ng palayaw sa kanila at hindi Niya ito binibigyang-kahulugan batay sa panlabas na anyo; ang titulong ito ay hindi lang basta titulo. Ang pangalan ng tao ay isang katawagan lamang, isang bansag, na walang tunay na kabuluhan. Halimbawa, may mga magulang na Tsino na umaasa na magiging matalino at maganda ang kanilang anak na babae, kaya ginagamit nila ang karakter na “maganda” sa pangalan ng kanilang anak, pero pag-aasam lang iyon, at wala itong kinalaman sa diwa ng kanilang anak. Maaaring talagang mahina ang utak at lumaking hindi maganda ang anak na ito, kaya, ano, kung gayon, ang punto ng pagtawag sa kanya na “maganda”? May ilan ding batang lalaki na pinangalanang

“Chenglong” o “Chenghu,” gamit ang mga karakter na nangangahulugan na maging parang isang dragon o tigre—talaga bang kahindik-hindik sila kung tatawagin sila sa mga gayong pangalan? Maaaring mga duwag sila o walang kuwenta. Mga inaasam lang ng mga magulang ang mga ito para sa kanilang mga anak; binibigyan nila ang mga ito ng mga ganitong pangalan, at walang kaugnayan ang mga pangalang ito sa diwa ng kanilang mga anak. Samakatwid, naglalaman ang mga pangalan at titulo ng mga tao ng mga imahinasyon at magagandang kahilingan ng mga tao, ngunit mga bansag at katawagan lamang ang mga ito, at hindi ibinibigay batay sa kanilang diwa. Gayumpaman, ang mga titulo at pangalang binibigyang-kahulugan ng Diyos ay tiyak na hindi ibinibigay batay sa panlabas na anyo ng mga tao, at lalong hindi ito batay sa mga sariling kagustuhan ng Diyos. Nais ba ng Diyos na maging mga tagapagserbisyo ang mga tao? (Hindi.) Nabasa na ba ninyo sa mga salita ng Diyos na sinasabi ng Diyos na, “Gusto Kong maging tagapagserbisyo ang bawat tao at ayaw Kong may sinumang maligtas”? (Hindi.) Kung gayon, ano ang nais ng Diyos? Sinabi ng mga tao noon, “Nais ng Diyos na maligtas ang bawat tao at ayaw Niyang masadlak sa perdisyon ang sinuman.” Isa itong kagustuhan. Gayumpaman, hindi nagmula sa wala ang titulong “tagapagserbisyo.” Katulad lang ito ng pagtukoy ng Diyos sa mga pangalan na “puno” at “damo.” Malalaki at matataas na bagay ang mga puno, at kapag may nagbabanggit sa puno, alam ng lahat na malalaki at matataas ang mga puno, at kapag may nagbabanggit sa damo, alam ng lahat na maliit at mababa ang damo, tama ba? (Oo.) Kaya, paano naman ang titulong “tagapagserbisyo”? Nabuo ang titulong ito ayon sa diwa at mga pagpapamalas ng tao, at ayon sa yugto ng gawain ng Diyos. Kung ang mga tao ay unti-unting makakaunawa sa katotohanan kasabay ng gawain ng Diyos, makapapasok sa katotohanang realidad, at makakapagpasakop at magkakaroon ng takot sa Diyos, kung gayon, sa oras na ito, nagbabago ang titulong ito. Samakatwid, kahit na isa ka sa mga tagapagserbisyo, hindi ito nakakaapekto sa paggawa mo ng tungkulin ng isang nilikha at sa paghahangad at pagsasagawa sa katotohanan, at lalong hindi ito nakakaapekto sa iyong pagpapasakop at takot sa Diyos.

May mga tao ba na hindi kailanman maiwawaksi ang titulong “tagapagserbisyo”? (Oo.) Anong klaseng mga tao? Ito ang klase ng mga tao na hindi naghahangad sa katotohanan, na maaaring nakakaunawa sa katotohanan pero hindi nagsasagawa nito, lalong hindi nila minamahal ang katotohanan, at madalas pa nga silang nakakaramdam ng pagkasuklam at pagtutol sa katotohanan sa puso nila. Bakit sila nananatili sa sambahayan ng Diyos kung tutol naman sila sa katotohanan? Nais nilang magkamit ng kaunting pakinabang, nagsisikap sila at nagpapakita ng ilang mabuting pag-uugali nang may kalakip na pangangarap nang gising sa sambahayan ng Diyos. Ginagamit nila ang halagang ibinabayad nila, ang pag-aalay at paggugol ng kanilang sarili, pati na ang paglipas ng kanilang kabataan at ang paggugol ng ilan sa kanilang oras kapalit ng anumang benepisyong nais nilang makamit. Dahil sa landas na sinusunod ng mga taong ito, sa huli, hindi sila nakapapasok sa katotohanang realidad, hindi sila makapagpasakop

sa Diyos, lalong hindi sila nagkakaroon ng takot sa Diyos—ilalarawan sila bilang mga tagapagserbisyo magpakailanman. May ilan sa mga ganitong uri ng tao sa sambahayan ng Diyos na makakapagserbisyo hanggang sa pinakahuli, at may ilan na hindi, at may kaunting pagkakaiba sa pagkatao ng mga makakapagserbisyo hanggang sa pinakahuli at ng mga hindi. Ang mga hindi naghahangad sa katotohanan pero makakapagserbisyo hanggang sa pinakahuli—ibig sabihin, iyong mga tao na makakapaglaan ng kaunting pagsisikap sa sambahayan ng Diyos para sa gawain ng Diyos habang nagpapatuloy ang gawain ng plano ng pamamahala ng Diyos—ay medyo may mabuti at mabait na pagkatao. Hindi sila gumagawa ng kasamaan, hindi sila nagsasanhi ng kaguluhan habang nagseserbisyo, at hindi sila inaalis sa iglesia. Kayang magserbisyo ng mga gayong tao hanggang sa pinakahuli, at sila ang mga taong mananatiling mga tagapagserbisyo. Samantalang ang iba, dahil masyadong masama ang kanilang pagkatao, dahil mababa ang kanilang karakter at integridad, madalas nilang ginugulo at ginagambala ang iba’t ibang gawain sa sambahayan ng Diyos habang nagseserbisyo sila, at nagsasanhi sila ng kawalan sa maraming gawain ng sambahayan ng Diyos. Hindi nila alam kung paano magsisi kapag sila ay pinupungusan o ibinubukod nang paulit-ulit, at bumabalik lang sila sa kanilang dating masasamang gawi; wala silang nauunawaang kahit anong katotohanan, hindi nila tinatanggap ang katotohanan, sa halip, kumikilos sila nang walang pakundangan, at itinitiwag ang mga gayong tao. Bakit sila itinitiwag? Hindi man lang kayang magserbisyo ng mga ganitong tao. Hindi sila makagawa nang maayos kapag nagsusumikap sila sa sambahayan ng Diyos, at habang nagsusumikap sila, gumagawa rin sila ng kasamaan, at pinagbabayad nila ng halaga ang sambahayan ng Diyos at ang mga kapatid. Ang paggamit sa mga gayong tao ay hindi sulit sa magiging kawalan. Paulit-ulit silang binibigyan ng mga pagkakataon para makapagnilay-nilay, pero sa huli, hindi pa rin nagbabago ang kanilang kalikasan, at hindi sila nakikinig sa sinasabi ng sinuman. Ni hindi karapat-dapat na magserbisyo sa sambahayan ng Diyos ang mga gayong tao, at wala rin silang kakayahang gawin ito, kaya sila inaalis.

Mayroon na ba kayong pangkalahatang pagkaunawa ngayon sa titulong “tagapagserbisyo”? Isang mapandiskriminang titulo ba ang “tagapagserbisyo” na ibinibigay ng Diyos sa sangkatauhan? Sinasadya ba ng Diyos na gamitin ang titulong ito para maliitin ang mga tao? Ginagamit ba ng Diyos ang titulong ito para ibunyag at subukin ang mga tao? Ginagamit ba ng Diyos ang titulong ito para ipaalam sa mga tao kung ano talaga ang mga tao? Ang mga ito ba ang nilalayan ng Diyos? Sa totoo lang, hindi nilalayan ng Diyos ang alinman sa mga bagay na ito. Hindi nilalayan ng Diyos na ibunyag ang mga tao, o na maliitin at kutyain ang mga tao, at hindi rin Niya nilalayong gamitin ang titulong “tagapagserbisyo” para subukin ang mga tao. Ang tanging pakahulugan ng Diyos sa titulong “tagapagserbisyo” ay na gumagawa Siya ng mga paglalarawan at binubuo Niya ang titulong ito ayon sa paggaman at diwa ng mga tao, ayon sa papel na ginagampanan ng mga tao sa panahon ng gawain ng Diyos, pati na rin kung ano ang kayang gawin ng mga tao at kung saan nila kayang makipagtulungan. Mula sa pakahulugang ito, nakikita

natin na nagseserbisyo ang bawat tao sa sambahayan ng Diyos para sa plano ng pamamahala ng Diyos at sa isang punto ay gumampan ng papel na ito bilang tagapagserbisyo. Masasabi ba natin ito? (Oo.) Talagang masasabi natin ito, at mauunawaan na ninyong lahat ito ngayon. Hindi nais gamitin ng Diyos ang titulong ito para pahinain ang loob ng mga tao o subukin ang kanilang pananalig, lalo na ang maliitin sila o para maging mas maayos ang asal nila at mas masunurin sila, o ipaalam sa kanila kung ano ang kanilang pagkakakilanlan at posisyon, at lalong hindi nais ng Diyos na gamitin ang titulong “tagapagserbisyo” para alisin ang karapatan ng mga tao na gawin ang tungkulin ng isang nilikha. Ganap na natutukoy ang titulong ito batay sa iba’t ibang tiwaling disposisyon na ibinubunyag ng mga tao at sa kanilang tunay na kalagayan habang sumusunod sila sa Diyos. Samakatwid, tiyak na walang kinalaman ang titulong ito sa kung ano ang magiging pagkakakilanlan, katayuan, posisyon, at hantungan ng mga tao kapag natapos na ang gawain ng pamamahala ng Diyos. Ganap na nagmumula ang titulong ito sa mga pangangailangan ng plano ng pamamahala at gawain ng pamamahala ng Diyos, at isa itong tunay na kalagayan ng tiwaling sangkatauhan sa gawain ng pamamahala ng Diyos. Tungkol naman sa mga taong nagbibigay ng serbisyo sa sambahayan ng Diyos bilang mga tagapagserbisyo at ginagamit na parang mga makina, nakasalalay sa kanilang paghahangad kung magpapatuloy ang kalagayang ito hanggang sa pinakahuli o kung magbabago ito para sa ikabubuti ng kanilang pagsunod sa Diyos. Kung hinahangad ng isang tao ang katotohanan, at kaya niyang magkamit ng pagbabago ng disposisyon at makapagpasakop at matakot sa Diyos, tuluyan na niyang maiwawaksi ang titulong “tagapagserbisyo.” At ano ang nangyayari sa mga tao kapag naiwaksi na nila ang titulong “tagapagserbisyo”? Nagiging mga tunay na tagasunod sila ng Diyos, mga tao ng Diyos, at mga tao ng kaharian, ibig sabihin, nagiging mga tao sila ng kaharian ng Diyos. Kung, habang sumusunod ka sa Diyos, kontento ka na sa pagsusumikap, pagdurusa, at pagbabayad ng halaga, hindi mo hinahangad ang katotohanan o isinasagawa ang katotohanan, hindi nagbabago kahit kaunti ang iyong mga tiwaling disposisyon, hindi mo kailanman ginagawa ang mga bagay-bagay ayon sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos, at sa huli, hindi mo nakakamit ang pagpapasakop at pagkatakot sa Diyos, kung gayon, ang titulong ito na “tagapagserbisyo,” ang “koronang” ito ay perpektong babagay sa iyo, saktong-sakto, at hindi mo na ito kailanman matatanggal. Kung nasa ganitong kalagayan ka pa rin sa oras na matapos ang gawain ng Diyos at hindi pa rin nagbabago ang mga disposisyon mo, kung gayon, walang magiging kaugnayan sa iyo ang titulong “mga tao ng kaharian ng Diyos,” at magiging isa kang tagapagserbisyo magpakailanman. Paano mo mauunawaan ang mga salitang ito? Dapat mong maunawaan na sa sandaling matapos ang gawain ng Diyos, ibig sabihin, kapag nailigtas na ang lahat ng taong nais na iligtas ng Diyos, kapag ang gawaing gustong gawin ng Diyos ay ganap na nakamit ang epekto nito at ang mga layon nito, hindi na magsasalita o gagabay ang Diyos sa mga tao, hindi na Siya gagawa ng anumang gawain ng pagliligtas sa tao, at magtatapos na doon mismo ang Kanyang

gawain, gayundin ang landas ng pananalig sa Diyos na sinusundan ng bawat tao. May ganitong talata sa Bibliya: “Ang siyang di-matuwid, ay hayaang manatiling di-matuwid: at ang marumi, ay hayaang magpakarumi pa: at ang matuwid, ay hayaang magpakatuwid pa: at ang banal, ay hayaang magpakabanal pa” (Pahayag 22:11). Ano ang ibig sabihin nito? Ibig sabihin nito, na sa sandaling sabihin ng Diyos na tapos na ang Kanyang gawain, nagpapahiwatig ito na hindi na gagampanan ng Diyos ang Kanyang gawain ng pagliligtas sa tao, at pagkastigo at paghatol sa tao, hindi na bibigyang-liwanag o gagabayan ng Diyos ang tao, at hindi na Siya magbibigkas ng mga salita sa tao nang walang-sawa at taimtim na nanghihikayat o pumupungos sa kanila—hindi na gagampanan ng Diyos ang gawaing ito. Ano ang ibig sabihin nito? Nangangahulugan ito na mabubunyag na ang mga kalalabasan ng lahat ng bagay, maitatakda na ang mga kalalabasan ng mga tao, at wala nang makapagbabago nito, at hindi na magkakaroon ng mga pagkakataon ang mga tao na maligtas. Iyon ang ibig sabihin nito.

Kapag iwinaksi ng isang tao ang titulong “tagapagserbisyo” sa pagtatapos ng gawain ng Diyos, kapag iwinaksi nila ang katawagan at kondisyong ito, ipinapahiwatig nito na hindi na isang tagalabas o isang walang pananampalataya ang taong ito sa mga mata ng Diyos, kundi isa na siyang tao ng sambahayan at ng kaharian ng Diyos. At paano nga ba nabuo ang titulong ito na “isang tao ng sambahayan at ng kaharian ng Diyos”? Paano nakakamit ng mga tao ang titulong ito? Ikaw ay naging isang tao ng sambahayan ng Diyos sa pamamagitan ng paghahangad sa katotohanan, pag-unawa sa katotohanan, pagdurusa, at pagbabayad ng halaga, at sa gayon ay ginagawa nang maayos ang tungkulin mo, nagtatamo ng isang partikular na antas ng disposisyonal na pagbabago at nagagawang magpasakop at matakot sa Diyos. Katulad nina Job at Pedro, hindi mo na kailangang mapinsala at magawang tiwali ni Satanas, maaari ka nang mamuhay nang malaya sa kaharian at sa sambahayan ng Diyos, hindi mo na kailangan pang makibaka sa iyong mga tiwaling disposisyon, at sa mga mata ng Diyos, isa kang tunay na nilikha, isang tunay na tao. Hindi ba’t isa iyong bagay na dapat ipagdiwang nang may kagalakan? Ano ang ibig sabihin nito? Nangangahulugan ito na ganap nang natapos ang buhay ng pagdurusa at paghihirap ng isang tao na nagawang tiwali ni Satanas at nagsisimula na siyang mamuhay nang may kagalakan, kapayapaan, at kaligayahan. Nakapamumuhay na siya sa liwanag ng mukha ng Lumikha, nakapamumuhay kasama ng Diyos, at isa itong bagay na dapat ipagdiwang nang may kagalakan. Gayumpaman, para sa ibang uri ng mga taong hindi pa nagawang iwaksi ang titulong “tagapagserbisyo” sa huli, ano ang ibig sabihin nito kung hindi pa rin nila natanggal ang titulong ito, ang “korona” na ito mula sa kanilang ulo kapag nagtapos na ang gawain ng Diyos? Nangangahulugan ito na nananatili pa rin silang mga tagalabas at walang pananampalataya sa mga mata ng Diyos. Ito ay dahil hindi talaga nila tinatanggap o isinasagawa ang katotohanan, hindi nila natamo ang pagbabago sa disposisyon, hindi nila kayang magpasakop sa Diyos, at wala silang may-takot-sa-Diyos na puso. Dapat itiwagang ang mga taong ito mula sa sambahayan ng Diyos at wala silang puwang sa kaharian ng Diyos. Kung wala silang

puwang sa kaharian ng Diyos, nasaan sila? Nasa labas sila ng kaharian ng Diyos at isang grupo silang ibinukod mula sa mga tao ng Diyos. Tinatawag pa rin na “mga tagapagserbisyo” ang mga gayong tao, at ipinapahiwatig nito na hindi sila naging mga tao ng sambahayan ng Diyos, hindi sila kailanman magiging mga tagasunod ng Diyos, hindi sila kinikilala ng Diyos, at hindi na sila kailanman makakatanggap muli ng mga pagpapala o biyaya mula sa Diyos. Siyempre, nangangahulugan din ito na wala na silang pagkakataong magtamasa ng magagandang pagpapala kasama ang Diyos sa Kanyang kaharian o magkamit ng kapayapaan at kagalakan—wala nang ganitong pagkakataon. Kung gayon, dapat ba nilang ipagdiwang nang may kagalakan ang sandaling ito, o isa ba itong pangyayari na puno ng hinagpis? Isa itong pangyayari na puno ng hinagpis. At tungkol sa kung ano ang magiging gantimpala nila para sa pagdadala ng titulong ito na “tagapagserbisyo” sa labas ng sambahayan ng Diyos at sa labas ng kaharian ng Diyos, sa susunod na ang usaping iyon. Ano’t anuman, napakalaki ng pagkakaiba sa pagitan ng gantimpalang ibinibigay sa mga tagapagserbisyo at sa ibinibigay sa mga tao ng kaharian ng Diyos; may mga pagkakaiba sa posisyon, sa gantimpala, at sa iba pang mga aspekto. Hindi ba’t nakakaawa na hindi nagkamit ng katotohanan at hindi nagkaroon ng pagbabago sa disposisyon ang mga ganitong tao habang ginagampanan ng Diyos ang Kanyang gawain ng pagliligtas sa mga tao? Sobrang nakakaawa ito! Ito ang ilang salita patungkol sa titulong “tagapagserbisyo.”

May ilang tao na nagsasabing, “Nakakaramdam ako ng pagtutol kapag nababanggit ang mga tagapagserbisyo. Ayaw ko at hindi ako masaya na maging isang tagapagserbisyo. Kung kabilang ako sa mga tao ng Diyos, matatanggap ko iyon kahit na ako ang pinakahamak sa kanila, at ayos lang iyon basta’t hindi ako tagapagserbisyo. Wala akong ibang hinahangad at wala akong kinikimkim na ibang adhikain sa buhay na ito; ang tanging inaasam ko ay maiwaksi ang titulong ‘tagapagserbisyo.’ Hindi naman malaki ang hinihingi ko.” Ano ang tingin mo sa mga ganitong tao? Ito ba ang saloobin ng isang taong naghahangad sa katotohanan? (Hindi.) Anong saloobin ito? Hindi ba’t negatibong saloobin ito? (Oo.) Pagdating sa titulong “tagapagserbisyo,” hindi mo kailangang magsumikap na iwaksi ito, dahil ibinibigay ang titulong ito batay sa antas ng pag-usad mo sa iyong buhay at hindi ito napagpapasyahan batay sa kung ano ang gusto mo. Hindi ito nakasalalay sa kung ano ang gusto mo, kundi nakasalalay ito sa landas na sinusunod mo at kung nagbago na ba ang iyong mga disposisyon. Kung ang layon mo ay maiwaksi lang ang titulong “tagapagserbisyo,” kung gayon, hayaan mong sabihin Ko sa iyo ang totoo: Hindi mo ito kailanman maiwawaksi hangga’t nabubuhay ka. Kung pagtutuunan mo ang paghahangad sa katotohanan at kung makakamit mo ang pagbabago sa disposisyon, unti-unti ring magbabago ang titulong ito. Batay sa dalawang puntong ito, ipinapataw ba ng Diyos sa mga tao ang titulong “tagapagserbisyo”? Tiyak na hindi! Hindi ito isang titulo na ipinapataw ng Diyos sa mga tao, ni isang katawagan—ito ay isang titulo na ibinibigay batay sa antas ng pag-usad ng mga tao sa kanilang buhay. Nababawasan ang iyong pagiging tagapagserbisyo batay sa kung gaano man kalaki ang pag-usad mo sa buhay

at kung gaano man kalaki ang pagbabago sa iyong disposisyon. Kapag isang araw ay nagagawa mo nang magpasakop at magkaroon ng takot sa Diyos, kung gayon, kahit na handa ka nang maging tagapagserbisyo, hindi ka na magiging isang tagapagserbisyo, at ito ay napagpapasyahan ng iyong paghahangad, ng iyong saloobin tungkol sa katotohanan, at ng landas na sinusundan mo. May mga nagsasabi rin na, “Gusto kong iwaksi ang titulong ito na ‘tagapagserbisyo’ at ayaw kong maging ganito, pero hindi ko nauunawaan ang katotohanan at hindi ko gustong hangarin ang katotohanan. Kaya, ano ang puwede kong gawin?” May solusyon ba? Itinatakda ng Diyos ang mga kalalabasan ng lahat ng uri ng tao batay sa Kanyang mga salita at sa katotohanan—walang puwang para sa pakikipagkompromiso. Kung minamahal mo ang katotohanan at kaya mong tahakin ang landas ng paghahangad sa katotohanan, kung gayon ay dapat mo itong ikagalak; kung tutol ka sa katotohanan at pinipili mong hindi tahakin ang landas ng paghahangad sa katotohanan, kung gayon ay magsasanhi ito ng hinagpis. Ito lamang ang dalawang landas—walang landas sa gitna na mapagpipilian. Ang mga salitang binibigkas ng Diyos ay hindi kailanman lilipas; bagama’t lilipas ang lahat ng bagay, hindi lilipas ang kahit isang pagbigkas ng Diyos. Ang mga salita ng Diyos ang mga pamantayan sa paghatol at pagtukoy sa lahat ng bagay; ang mga salita ng Diyos ang katotohanan at hindi kailanman lilipas. Kapag nagbago at lumipas na ang mundong ito, ang sangkatauhan, at ang lahat ng bagay, hindi lilipas ang kahit isang salita ng Diyos, bagkus ay matutupad ang lahat ng salita Niya. Naitatakda at naibubunyag ang mga kalalabasan ng sangkatauhan at ng lahat ng bagay dahil sa mga salita ng Diyos—walang sinuman ang makakapagpabago nito, at hindi na kailangan pang pagdiskusyunan ang usaping ito. Kaya, pagdating sa pagkakaroon ng Diyos ng kataas-taasang kapangyarihan at pagtatakda Niya sa mga kalalabasan ng mga tao, kung nangangarap lang nang gising ang mga tao, lubos silang mga hangal. Wala na silang mapagpipiliang pangalawang landas sa bagay na ito, dahil hindi binigyan ng Diyos ng pangalawang landas ang mga tao. Ito ang disposisyon ng Diyos, ito ang pagiging matuwid ng Diyos, at hindi puwedeng makialam ang mga tao sa bagay na ito kahit gustuhin nila. Inaakala mo na ikaw ay nasa mundong walang pananampalataya, kung saan maaaring gumastos ang mga tao ng kaunting pera at gumamit ng kanilang mga koneksiyon para pangasiwaan ang mga bagay-bagay, pero hindi iyon uubra sa Diyos. Tandaan: Walang silbi ito sa harap ng Diyos!

b. Ang mga Paraan Kung Paano Tinatrato ng mga Anticristo ang Titulong “Tagapagserbisyo”

Ang paksa sa pagbabahaginan ngayong araw ay ang paghihimay-himay sa saloobin ng mga anticristo patungkol sa titulong “tagapagserbisyo.” Ngayong natapos na tayong magbahaginan tungkol sa depinisyon ng titulong “tagapagserbisyo,” hindi ba’t may positibong pagkaunawa ang karamihan sa mga tao sa titulong ito? Nakakaramdam pa rin ba kayo ng paglaban o pag-ayaw sa titulong ito? (Hindi na.) Kung gayon, tingnan natin ngayon kung paano tinatrato ng mga anticristo ang titulong “tagapagserbisyo,” at

kung ano ang saloobin nila patungkol dito. Ang mataas na posisyon, mataas na katanyagan, at ganap na kapangyarihan ang labis na pinahahalagahan ng mga anticristo. Pagdating sa mga labis na karaniwan, simple, at mabababang-antas na titulo, at ibang mga titulo na medyo nakakahiya para sa mga tao, nakakaramdam ng matinding paglaban at diskriminasyon ang mga anticristo sa puso nila, at partikular nila itong nararamdaman tungkol sa titulong “tagapagserbisyo.” Kahit gaano pa kamatiisin at kamapagpasensiya ang Diyos sa grupong ito ng mga tao na kilala bilang mga tagapagserbisyo, at kahit ano pa ang paliwanag at interpretasyon ng Diyos sa titulong “tagapagserbisyo,” minamaliit pa rin ng mga anticristo ang titulong ito sa kaibuturan ng kanilang puso. Iniisip nila na masyadong mababa ang titulong ito, at na kung sila mismo ay mga tagapagserbisyo, wala na silang mukhang maiharap sa iba. Iniisip nila na sa sandaling binigyan sila ng titulong ito, hinahamon at minamaliit ang kanilang integridad, pride, at reputasyon; bumabagsak ang kanilang halaga, at wala nang kabuluhan ang buhay. Samakatwid, hindi tatanggapin ng mga anticristo ang titulong “tagapagserbisyo” kahit ano ang mangyari. Kapag pinapapunta mo sila sa sambahayan ng Diyos at pinapagserbisyo para sa gawain ng Diyos, sasabihin nila: “Masyadong nakakapanghamak ang titulong ‘tagapagserbisyo,’ at hindi ako handang maging ganoon. Sa paghiling mo sa akin na maging tagapagserbisyo, iniinsulto mo ako. Hindi ako nanampalataya sa diyos para lang insultuhin mo ako—pumarito ako para makatanggap ng mga pagpapala. Kung hindi, bakit ko pa tinalikuran ang aking pamilya, iniwan ang aking trabaho, at isinuko ang aking mga makamundong kinabukasan? Hindi ako pumarito para maging tagapagserbisyo; hindi ako pumarito para magtrabaho para sa iyo at paglingkuran ka. Kung sasabihan mo akong maging isang tagapagserbisyo, mas pipiliin ko pang hindi na lang manampalataya!” Hindi ba’t ganito ang saloobin ng mga anticristo? May mga anticristo pa nga na nagsasabing: “Kung sasabihan mo akong maging tagapagserbisyo sa sambahayan ng diyos, ano pa ang silbi na manampalataya ako sa diyos? Ano pa ang kabuluhan nito?” Kaya, kapag nagsasagawa sila ng isang trabaho o tumatanggap ng isang atas o gampanin sa sambahayan ng Diyos, nais muna nilang alamin ang sumusunod: “Pagkatapos kong tanggapin ang trabahong ito, magiging lider ba ako ng iglesia o lider ng pangkat, o magiging isang alipores lang na nagseserbisyo at nagtatrabaho para sa iba?” Bago nila malaman ito, gumagawa muna sila pansamantala. Sa panahong ito, inoobserbahan nila ang mga salita at ekspresyon ng mga tao, nagmamasid at nakikinig nang mabuti, at nagtatanong ng impormasyon mula sa iba’t ibang mapagkukunan. Gusto nilang malaman kung pansamantala lang ba silang nagseserbisyo rito o kung maaari ba nilang gawin ang trabahong ito nang pangmatagalan, kung maaari ba silang linangin o kung ginagamit lang sila pansamantala para punan ang isang bakanteng posisyon. Kung ginagamit lang sila para punan ang isang bakanteng posisyon, at pinagseserbisyo para sa merito ng iba at para sa posisyon at kapangyarihan ng iba, tiyak na hindi nila ito gagawin. Wala silang pakialam kung kailangan ng sambahayan ng Diyos na gumawa sila ng isang tungkulin, o kung gaano kahalaga ang tungkuling ginagawa nila para sa

gawain ng sambahayan ng Diyos—wala silang pakialam tungkol sa mga bagay na ito. Sa sandaling mapagtanto nila na nagseserbisyo sila rito nang walang kapangyarihan na masunod at magdesisyon, nagiging pabasta-basta sila sa kanilang mga kilos, pinababayaan nila ang kanilang tungkulin, kumikilos sila nang walang ingat, nagiging awtokratiko rin sila at kaya pa nga nilang talikuran ang kanilang tungkulin at umalis anumang sandali; tinatrato nila na parang laro ng mga bata ang gawain ng sambahayan ng Diyos at ang kanilang sariling tungkulin. Mayroon silang kasabihan sa buhay na ganito: “Hindi ako magpapakapagod nang hindi nalalaman ng iba samantalang napupunta sa iba ang atensiyon.” Iniisip nila, “Ipinanganak ako na maging lider. Ipinanganak ako na may kapangyarihan na masunod at magdesisyon. Kung mawawala sa akin ang dalawang bagay na iyon, ano pa ang silbi ng mabuhay? Ano pa ba ang magiging kabuluhan ng pananampalataya sa diyos? Bakit ako nananampalataya sa diyos? Hindi ba’t binitiwang ko ang maliliit na pakinabang para makatanggap ako ng mas malalaking pagpapala? Kung hindi matutupad ang pagnanais na ito, walang duda na mas pipiliin ko na lang na sumunod sa makamundong kalakaran at mapunta sa impiyerno!” Ano ang salawikain ng mga anticristo? “Hinding-hindi ko hahayaang samantalahin ako ng sinuman para umangat sila; ako ang nananamantala sa iba. Kung ginagantimpalaan ang mga tao batay sa kanilang mga kontribusyon, dapat ako ang nasa tuktok ng listahan. Saka lang ako magtatrabaho nang masigasig at ibubuhos ang lahat ng makakaya ko, kung hindi, kalimutan mo na lang na gagawin ko ito. Kung hihilingin mo sa akin na magsikap nang husto, na bigyan ka ng payo, at gumawa nang buong puso’t kaluluwa, pero sa huli, kapag dumating ang oras na gagantimpalaan ang mga tao batay sa kanilang mga kontribusyon, at wala akong natanggap, huwag mo nang hilingin sa akin na gumawa para sa inyo, magsumikap para sa inyo, at magserbisyo sa inyo!” Hindi ba’t ang mga ito ang mga tunay na pagbubunyag at pagpapamalas ng disposisyon ng mga anticristo? Kahit na hindi nila sinasadyang subukang iwaksi ang titulong “tagapagserbisyo,” kung ang kanilang disposisyong diwa ang pag-uusapan, palagi nila itong iwinawaksi at palagi silang nakikibaka, nagsisikap, at nagpupumilit na mawala sa kanila ang titulong ito. Kung, kapag isinasagawa ng isang anticristo ang ilang gawain, ay nagkaroon sila ng pagkakataong mamukod-tangi at maging bida, o kung sila ang mayroong huling salita at sila ang nagdedesisyon, nagiging lider, may posisyon, impluwensiya, at katanyagan, at may mga tao silang nasasakupan, labis silang nasisiyahan. Kung isang araw ay may isang taong naglalantad ng problema nila at nagpupungos sa kanila, na nagsasabing, “Maraming bagay ang hindi mo pinangangasiwaan ayon sa mga prinsipyo, sa halip ay ayon sa anumang paraang gusto mo. Ito ang pag-uugali ng isang taong nagseserbisyo lamang; hindi mo ginagawa ang iyong tungkulin,” matatanggap ba iyon ng anticristo? (Hindi.) Una, sasabihin nilang wala silang kasalanan, magpapaliwanag sila, at ipagtatanggol nila ang kanilang sarili, at pangalawa, agad silang makakaramdam ng pagtutol at paglaban sa mga salitang “pagseserbisyo,” at tiyak na hindi nila ito tatanggapin. Sasabihin nila, “Nagbayad ako ng napakalaking halaga at labis na nagdusa. Maaga akong nagsisimulang

magtrabaho at gabing-gabi nang natatapos, hindi ako nakakatulog nang sapat at nakakalimot akong kumain, pero sinasabi mo pa rin na nagseserbisyo lang ako? Mayroon ba talagang mga taong nagseserbisyo nang ganito? Nagbayad ako ng napakalaking halaga at ang tanging nakukuha ko ay ang titulong ito, ang depinisyong ito na ‘tagapagserbisyo.’ Ano pa ba ang aasahan ko? Ano pa ang kabuluhan ng pananampalataya sa diyos? Ano pa ang motibasyon doon? Mas mabuti pang huwag nang manampalataya sa ganitong uri ng diyos!” Nawawala ang kanilang kasigasigan. Pagkatapos mapungusan, bukod sa ayaw itong tanggapin ng mga anticristo, nakakaramdam din sila ng paglaban at pagtutol, at higit pa rito, nagkakaroon sila ng mga maling pagkaunawa. Kapag nagtatrabaho sila at ginagawa nila ang kanilang tungkulin pagkatapos niyon, nagbago ang kanilang saloobin, at iniisip nila, “Tagapagserbisyo ako ngayon kahit ano pa ang gawin ko, kaya, kapag ginagawa ko ang trabahong ito, mas mabuting magpigil ako, bumuo ng alternatibong plano, at huwag ibigay rito ang lahat ng mayroon ako. Sinasabi ng lahat na matuwid ang diyos, pero bakit hindi ko ito makita? Paanong matuwid ang diyos? Dahil isa akong tagapagserbisyo anuman ang gawin ko, kung gayon, mula ngayon, babaguhin ko na ang paraan ng pananampalataya ko sa diyos; magseserbisyo na lang ako, at tingnan natin kung sino ang takot kanino. Dahil hindi naman ako pupurihin o sasang-ayunan sa kahit anong gawin ko, kung gayon, bahala na, babaguhin ko na lang ang pamumuhay ko at ang paraan ng paggawa ko sa mga bagay-bagay. Gagawin ko ang anumang ipapagawa mo sa akin, at hindi ako magsasalita kung mayroon akong anumang ideya—magsalita ang sinumang may gusto. Kung may magpupungos sa akin, sa panlabas ay magpapanggap akong sumasang-ayon sa kanya, at kapag may nagkakamali sa trabaho, wala akong anumang sasabihin kahit na napapansin ko ito. Kung may isang taong kumikilos nang walang pagkaunawa sa mga prinsipyo, hindi ko sasabihin sa kanya ang mga prinsipyo kahit na nauunawaan ko ang mga ito. Papanoorin ko lang siya na kumilos na parang isang hangal, hahayaan ko siyang magkamali para mapungusan siya kagaya ko, at titingnan ko kung makakayanan ba niya ang pakiramdam na mailarawan bilang isang tagapagserbisyo. Dahil pinahihirapan ninyo ako, pahihirapan ko rin kayo at hindi ko rin gagawing madali para sa inyo ang mga bagay-bagay!” Nakakaramdam na sila ng matitinding emosyon at paglaban sa simpleng pagpupungos at pagdidisiplina lang sa kanila—saloobin ba ito ng pagtanggap sa katotohanan? (Hindi.) Ano ang masama sa pagseserbisyo? Masama bang magserbisyo para sa Diyos? Nakakapinsala ba sa iyong dignidad ang pagseserbisyo para sa Diyos? Hindi ba karapat-dapat ang Diyos na mapagserbisuhan mo? Kung gayon, ano ang karapat-dapat sa iyo para sa paggawa ng Diyos? Bakit masyado kang sensitibo at lumalaban sa mga salitang ito? Nagpakumbaba ang Lumikha para maging isang tao na namumuhay sa gitna ng mga tao at nagseserbisyo Siya sa bawat tiwaling tao, mga taong kumontra at nagtatakwil sa Kanya. Kung gayon, bakit hindi makapagserbisyo nang kaunti ang mga tao alang-alang sa plano ng pamamahala ng Diyos? Ano ang mali sa paggawa nito? Mayroon bang kawalang-dangal dito? Mayroon bang kahiya-hiya tungkol dito? Kumpara

sa kababaang-loob at pagiging tago ng Diyos, habang-buhay na mananatiling kasuklam-suklam at pangit ang mga tao. Hindi ba't ganoon nga iyon?

Maaaring pansamantala lamang na sumasama ang loob ng mga tiwaling tao na naghahangad sa katotohanan kapag naririnig nila ang titulong “tagapagserbisyo,” ngunit maaari itong maging isang motibasyon na magtutulak sa kanila na hangarin ang katotohanan para makapagpasakop sa Diyos; hindi sila masyadong sensitibo sa titulong ito na ibinigay ng Diyos sa mga tao. Ngunit hindi ganito ang kaso sa mga anticristo. Palagi silang labis na nagbubusisi sa mga titulong ibinigay ng Diyos sa mga tao at dinidibidib nila ang mga ito. Madaling nalalabag ng isang pariralang sinabi ng Diyos ang kanilang mga interes at napipinsala sila rito, at kapag lumalabag sa kanilang intensiyon at pagnanais na makatanggap ng mga pagpapala ang sinasabi ng Diyos, nasasaktan ang kanilang pagpapahalaga sa sarili. Sa sandaling masaktan ang kanilang pagpapahalaga sa sarili at ang kanilang dignidad, hinuhusgahan, itinatakwil, at ipinagkakanulo nila ang Diyos; nais nilang iwan ang Diyos, ayaw nilang patuloy na gawin ang kanilang tungkulin, kasabay nito, sinusumpa nila ang Diyos sa pagiging hindi matuwid at hindi pakikisimpatya sa mga tao. Sinasabi pa nga ng ilang tao na napakahirap palugurin ng Diyos, at na wala na silang ginawang tama. Pawang nagmumula sa mga anticristo ang mga salita, sentimyento, at disposisyong ito. Bukod sa ganap na wala silang saloobin ng pagpapasakop sa Diyos, binubusisi rin nila ang iba't ibang bagay na sinasabi ng Diyos, at pabaya sila at walang pakialam sa iba't ibang hinihingi ng Diyos. Palagi nilang nilalabanan ang titulong ito na “tagapagserbisyo” at wala silang intensiyon na tanggapin ito o magpasakop, at lalong wala silang intensiyon na unawain ang layunin ng Diyos. Ang ginagawa lang nila ay patuloy na maghangad na iwaksi ang katawagan at pagkakakilanlang ito, ang katayuan at posisyong ito bilang “tagapagserbisyo,” at hindi man lang nila hinahanap kung paano makipagtulungan sa Diyos para matugunan ang layunin ng Diyos, o kung paano magkamit ng pagbabago sa disposisyon, makapasok sa katotohanang realidad at magpasakop sa Diyos. Hindi nila hinahangad ang mga positibong bagay na ito kahit kaunti, at maging kapag inilantad sila bilang mga tagapagserbisyo, biglang sumasabog ang kanilang galit at init ng ulo. Gaano ito kalubha? Lihim na sinusumpa ng ilang anticristo ang Diyos sa mga pampublikong lugar habang malakas Siyang sinusumpa sa likod ng mga nakasarang pintuan, sinasabing, “Hindi matuwid ang diyos. Mas mabuti pang hindi na ako manampalataya sa ganitong uri ng diyos!” Hayagan nilang pinoprotesta at kinontra ang Diyos. Sa pamamagitan lang ng salitang “tagapagserbisyo,” nabubunyag na ang diwa ng mga anticristo na kumontra sa Diyos at tutol sa katotohanan. Tuluyang nahuhubad ang maskara ng kanilang buktot na mukha sa harap ng salitang “tagapagserbisyo,” at ganap na silang nalalantad. Ano mismo ang nalalantad? Iyon ay na hindi sila nananampalataya sa Diyos para tanggapin ang Kanyang pagliligtas o tanggapin ang katotohanan, ni hindi sila nananampalataya sa Diyos dahil ang Diyos ang katotohanan o dahil Siya ang May Kataas-taasang Kapangyarihan sa lahat ng bagay. Sa halip, nananampalataya sila sa Diyos dahil may

gusto silang makuha mula sa Kanya. Pinipilit nila ang kanilang sarili na pumunta sa sambahayan ng Diyos alang-alang sa kanilang mga ambisyon at pagnanais. Walang saysay silang nagtatangkang mamukod-tangi sa karamihan at tumanggap ng mga pagpapala sa pamamagitan ng kanilang sariling mga paraan, pagsisikap, paggawa nang husto, at pakikibaka, o, higit pa rito, marahil ay nagtatangka silang makatanggap ng mas malaking gantimpala sa kanilang kabilang buhay. Samakatwid, sa paningin nila, ang salitang “tagapagserbisyo” ay isang nakakababang bagay at isang mapanghamak na termino magpakailanman, isang bagay na hindi nila kailanman matatanggap. Iniisip ng ilang kapatid, “Isang pagpapala para sa atin na magserbisyo sa Diyos. Mabuting bagay ito, isang marangal na bagay.” Gayumpaman, hindi kailanman tinatanggap ng mga anticristo ang katunayang ito, at sinasabi nila, “Isang pagpapala para sa atin na magserbisyo sa diyos? Anong klaseng salita iyan? Kalokohan! Nasaan ang pagpapala sa paggawa niyon? Nasaan ang kasiyahan? Ano ang mapapala sa pagseserbisyo sa diyos? Makakakuha ka ba ng pera, ginto, o kayamanan mula sa pagseserbisyo? O makakakuha ka ba ng bahay at sasakyan? Matitiwalag ang lahat ng nagseserbisyo; mayroon bang mga tagapagserbisyo na mabubuting tao? Walang taong nagseserbisyo ang makapagtatamo kailanman ng anumang bagay.” Hindi nila tinatanggap ang katunayang ibinahagi ng mga kapatid na “ang pagseserbisyo sa Diyos ay isang pagpapala sa sangkatauhan,” at nakakaramdam sila ng paglaban at pagkasuklam dito; mas gugustuhin pa nilang makinig sa ibang bagay.

Ang mga anticristo ay kayang gumugol ng kanilang sarili, magsilbi, at magsalin ng inumin para sa kahit sinong opisyal o taong may posisyon at katanyagan sa mundo, at sasang-ayon pa nga sila na magserbisyo para sa mga taong ito at magiging mas buo ang kanilang loob na gawin ito. Kapag nagseserbisyo na sila sa Diyos, saka lang sila umaayaw at nag-aatubili, puno ng reklamo, paglaban, at mga damdamin. Anong klaseng mga nilalang ang mga taong ito? Ganito ba ang mga pagpapamalas na dapat mayroon ang isang tagasunod ng Diyos? Malinaw na mga pagpapamalas ang mga ito ng diwa ng mga anticristo. Kung pupunta sa mundo ang isang anticristo para magserbisyo sa isang alkalde, gobernador, o sa kahit sinong tanyag na politiko, iisipin nila na isa itong bagay na naghatid ng kaluwalhatian sa kanilang mga ninuno at ipinagmamalaki ng kanilang pamilya. Magiging lubos silang masaya; para silang nakalutang sa alapaap. Kung may magtatanong sa kanila kung ano ang kanilang trabaho, sasabihin nila, “Nagseserbisyo ako sa alkalde. Ako ang malapit na tauhan ng alkalde, ang kanyang personal na guwardiya!” O sasabihin nila, “Inaasikaso ko ang pang-araw-araw na pangangailangan ng presidente!” Sasabihin nila ito nang may buong pagmamalaki. Iisipin nilang isa itong napakagandang trabaho, at na makikisalo ang kanilang buong pamilya sa kaluwalhatian nito. Mananaginip sila sa gabi at magigising nang masaya, at hindi nila itatago ang kanilang ginawa kahit saan sila magpunta. Bakit ganoon? Hindi nila makikitang kahiya-hiya ang kanilang trabaho; sa halip, mararamdaman nila na marangal ito, isang trabahong naglalagay sa kanila sa mataas na ranggo kaysa sa iba, isang trabahong

nagbibigay sa kanila ng magandang imahe. Gayumpaman, pagkatapos manampalataya sa Diyos ang isang taong gaya nito, kung pinagseserbisyo siya sa Diyos, ayaw niyang gawin ito, nakakaramdam siya ng paglaban at nagrereklamo at sinusumpa pa nga ang Diyos, at kaya rin niyang ipagkanulo at itatwa ang Diyos. Kung ihahambing ang dalawang bagay na ito, makikita natin na ang mga anticristo ay talagang mga anticristo, na parte sila ng grupo ni Satanas. Paano man nila paglingkuran si Satanas, at gaano man kadumi, nakakapagod, o nakakababa ang trabahong iyon, itinuturing nila itong isang karangalan. Subalit, kapag gumagawa ng mga bagay-bagay para sa Diyos sa Kanyang sambahayan, gaano man kamakabuluhan, kahalaga, o kamarangal ang mga bagay na ginagawa nila, o gaano man sila itinataas dahil sa paggawa ng mga ito, palagi nilang itinuturing na ito ay isang maliit na usapin. Gaano man kalaking pagpapala ito at gaano man kalaking karangalan ito na makapagserbisyo sa Diyos at sa gawain ng Diyos, at gaano man kahalagang oportunidad ito para sa sangkatauhan, sadyang hindi nila magawang maging masaya tungkol dito. Bakit ganito? Isa lamang ang dahilan: Parte ng grupo ni Satanas ang mga anticristo—sila ay kay Satanas at mga buhay na Satanas, likas na antagonistiko sa Diyos. Kung hinihiling sa kanila na maglingkod sa Diyos at magserbisyo para sa Diyos, sadyang hindi nila kayang maging masaya tungkol dito. Paano man magbahagi ang sambahayan ng Diyos sa mga tao tungkol sa katotohanan o subukang ipaunawa sa mga tao ang layunin ng Diyos patungkol sa titulong “tagapagserbisyo,” hindi ito kayang tanggapin ng mga anticristo mula sa Diyos o tanggapin ang alinman sa mga katotohanang may kaugnayan dito, lalo na ang tanggapin ang katunayan o ang katotohanan na ang isang nilikhang nagseserbisyo para sa Lumikha ay marangal, mahalaga, at makabuluhan—ito ang saloobing kinikimkim ng mga anticristo tungkol sa titulong “tagapagserbisyo.” Nahaharap sa titulong ito, at nahaharap sa katunayan na nagseserbisyo sa Diyos ang mga tao, ang tanging ginawa ng mga anticristo ay pagsumikapang alisin ang titulong ito at iwasan ang katunayang ito, sa halip na tanggapin ang katunayan, tanggapin ang titulong ito na “tagapagserbisyo” mula sa Diyos, at pagkatapos ay hangarin ang katotohanan, pakinggan ang mga salita ng Diyos, at magpasakop at matakot sa Diyos. Batay sa mga pagpapamalas na ipinapakita ng mga anticristo patungkol sa titulong “tagapagserbisyo,” kailangang banggitin na kauri ni Satanas ang mga anticristo, na parte sila ng mga mapanlaban na puwersa ni Satanas, at na antagonistiko sila sa Diyos, sa katotohanan, at sa lahat ng positibong bagay.

Ang saloobing kinikimkim ng mga anticristo patungkol sa titulong “tagapagserbisyo” ay hindi pagtanggap, paglaban, pagkapoot, at pagkasuklam. Kanino man nagmula ang titulong ito, palagi silang nakakaramdam ng paglaban dito at hindi nila ito tinatanggap, naniniwala sila na mababa ang pagiging tagapagserbisyo, at na palagi itong mababa kahit sino pa ang kanilang pinagseserbisyuhan. Iniisip nila na ang “tagapagserbisyo” ay hindi isang depinisyon na ibinibigay ng Diyos sa tao batay sa diwa ng tao, kundi isang hamon at pagpapakita ng paghamak sa pagkakakilanlan at halaga ng tao—ito ang pangunahing pananaw ng mga anticristo sa titulong “tagapagserbisyo.” Mula sa saloobin

ng mga anticristo patungkol sa mga salita ng Diyos, makikita natin na hindi nila itinuturing ang mga salita ng Diyos bilang pamantayan o bilang ang katotohanan, kundi bilang mga bagay na dapat nilang siyasatin at suriin. Ibig sabihin, hindi nila tinatanggap ang mga salita ng Diyos batay sa pagkaarok sa katotohanan o pagtanggap na ang Diyos ang Lumikha, bagkus ay hinaharap nila ang mga salita ng Diyos nang may intensiyon na magsiyasat, lumaban, at kumontra. Para sa kanila, ang bawat salitang sinasabi ng Diyos at ang bawat kasabihang binibigkas Niya ay isang bagay na dapat siyasatin, at kasama na rito ang titulong “tagapagserbisyo.” Nagsisikap sila sa pagsisiyasat at pagninilay-nilay sa salitang “tagapagserbisyo,” at nakikita nila sa mga salita ng Diyos na hindi itinuturing ng Diyos na mabuti ang mga tagapagserbisyo, kundi bilang aba, mas mababa, walang halaga, bilang mga taong hindi mahal ng Diyos, at mga taong kinasusuklaman ng Diyos. Kahit na ito ang saloobin ng Diyos patungkol sa titulong “tagapagserbisyo,” may konteksto at katwiran kung bakit may ganito Siyang saloobin—batay ito sa diwa ng tao. May isa pa ring katunayan na hindi pa nila nakikita: Gaano man kinasusuklaman at kinamumuhian ng Diyos ang tiwaling sangkatauhan, hindi kailanman sumuko ang Diyos sa pagliligtas sa sangkatauhan, at hindi rin Niya itinigil ang gawain ng Kanyang plano ng pamamahala na iligtas ang sangkatauhan. Hindi pinaniniwalaan ng mga anticristo ang katunayang ito, hindi rin nila ito kinikilala o nakikita. Nakatuon lamang sila sa kung ano ang sinasabi ng Diyos tungkol sa mga kalalabasan ng iba’t ibang uri ng tao, at partikular na tungkol sa titulong “tagapagserbisyo,” mayroon silang lubhang sensitibong saloobin. Ayaw nilang maging mga tagapagserbisyo, at ayaw nilang matukoy ng Diyos bilang mga tagapagserbisyo, at lalong ayaw nilang magserbisyo sa Diyos nang dala-dala ang titulong “tagapagserbisyo.” Kaya naman, kapag pumasok ang mga anticristo sa sambahayan ng Diyos, nag-uusisa sila sa maraming iba’t ibang grupo, nagtatanong kung sila ba mismo ay mga tagapagserbisyo, at mula sa mga salita ng Diyos at sa mga sinasabi ng mga tao tungkol sa kanila, gusto nilang makarinig ng matatapat na salita at alamin ang katotohanan ng usapin—mga tagapagserbisyo ba sila o hindi? Kung oo, agad-agad silang lumilisan; hindi sila nagseserbisyo para sa Diyos o sa sambahayan ng Diyos. Matindi ang kanilang reaksiyon laban sa titulong “tagapagserbisyo,” at nagiging malinaw na, para sa mga anticristo, ang pagkakakilanlan, posisyon, mga kinabukasan, tadhana, at hantungan ay mga aytem na dapat palagiang hangarin at mga interes na hindi kailanman aabandonahin. Para sa mga anticristo, ang mga tagapagserbisyo ang pinakamababa sa gitna ng sangkatauhan gaya ng pagtukoy ng Diyos. Kahit ano pa ang sabihin mo o gaano man karaming tao ang tumatanggap sa katunayang ito at sa titulong ito, tiyak na hindi ito tatanggapin ng mga anticristo. Kapag gumagawa ng trabaho, hinihingi lamang nila na pagserbisyuhan, pakinggan, sundin, at pagtuunan sila ng iba, at hindi nila kailanman hinihingi sa kanilang sarili na makipagtulungan o makipagtalakayan sa iba, o na tanungin ang opinyon ng iba, konsultahin ang mga layunin ng Diyos, o hanapin ang mga katotohanang prinsipyo. Iniisip nila, “Kung makikipagtulungan ako at makikipagtalakayan sa iba at kung hahanapin ko ang mga katotohanang prinsipyo kapag ginagawa ko ang

mga bagay-bagay, kung gayon ay ibinababa ko ang sarili ko at nawawalan ako ng awtonomiya, at hindi ba't magiging pagseserbisyo na iyon? Hindi ba't nagpapakapagod lang ako nang hindi nalalaman ng iba samantalang napupunta sa iba ang atensiyon? Hindi ba't mag-aasikaso at magseserbisyo ako sa iba?" Ito ang bagay na talagang ayaw nilang gawin. Iginigiit lang nila sa iba na asikasuhin sila, magpasailalim sa kanila, pakinggan sila, pahalagahan sila, labis silang purihin, pagmukhain silang mabuti sa lahat ng bagay, bigyan sila ng puwang, pagserbisyuhan sila, at magtrabaho para sa kanila, at iginigiit pa nga nila na bigyan sila ng Diyos ng mga naaangkop na gantimpala at nababagay na korona alinsunod sa kanilang nagawa. Kahit na banggitin ng sinuman kung gaano kalaki ang halagang ibinayad ng Diyos at kung gaano Siya nagdusa para sa kaligtasan ng sangkatauhan, kung paano Siya nagpakumbaba, at kung gaano karami ang naitustos Niya para sa sangkatauhan, kapag naririnig ng mga anticristo ang mga salitang ito at kapag nakikita nila ang mga katunayang ito, nananatili silang walang pakialam at normal lang ang mga ito para sa kanila. Paano binibigyang-kahulugan ng mga anticristo ang mga gayong bagay? Sinasabi nila: "Dapat gawin ng diyos ang lahat para sa tao at dapat niyang ipagkaloob sa tao ang pinakamainam, ipagkaloob ang mga pagpapala at biyaya, at ipagkaloob ang kapayapaan at kagalakan sa tao. Dapat niyang ialay ang lahat ng ito sa tao; obligasyon niya ito. At kapag tinatalikuran ng mga tao ang mga bagay-bagay, iginugugol ang kanilang sarili, at kapag nagbabayad sila ng halaga para sa diyos, kapag iniaalay nila ang lahat para sa diyos, dapat silang makakuha ng mga gantimpala mula sa diyos at makatanggap ng mas mainam na bagay. Hindi ba't patas na transaksyon iyon? Isang magkatumbas na kalakalan? Ano pa ba ang dapat pag-usapan dito? Anong merito mayroon ang diyos? Bakit wala pa akong nakitang anumang merito ng diyos? Nagkakaloob ang diyos ng mga bagay-bagay sa tao, kaya, hindi ba't natural lang na karapat-dapat ang tao na matanggap ang mga ito? Nagbayad ng halaga ang mga tao!" Hindi sila naniniwala na ang lahat ng bagay na ito na ginagawa ng Diyos para sa tao ay ang pinakamalaking biyaya para sa tao; hindi sila mapagpasalamat at hindi sila nag-iisip na suklian ang Diyos. Sa halip, nais nilang ipagpalit ang halagang ibinayad nila para sa magandang hantungan na ipinangako ng Diyos sa sangkatauhan, at likas silang naniniwala na nararapat lang para sa kanila na magnais ng mga pagpapala at magkimkim ng lahat ng intensiyong ito, kaya, sa kahit anong paraan man ito tingnan ng isang tao, hindi dapat gawin ng Diyos na mga tagapagserbisyo Niya ang mga tao. Naniniwala sila na may dignidad at integridad ang mga tao, at kung ang mga taong may gayong dakilang pagmamahal at kayang magkawanggawa, gumugol ng kanilang sarili, at tumalikod sa mga bagay-bagay ay pinagseserbisyo para sa Diyos, kung gayon, lubha silang ipinapahiya at tinatrato nang hindi makatarungan. Para sa mga anticristo, hindi karapat-dapat na banggitin ang lahat ng bagay na ito na ginagawa ng Diyos. Sa halip, walang katapusan nilang pinalalaki ang mga bagay na sila mismo ang gumagawa, kahit maliit lang ito na bagay, at itinuturing nila ang mga bagay na ito bilang kapital para makatanggap sila ng mga pagpapala.

Hindi kailanman gumagawa nang maayos ang ilang tao kapag ginagawa ang kanilang tungkulin sa iglesia. Kung hindi tatanggapin ng mga kapatid ang mga bagay na ginagawa nila, ang mga kasanayan at talentong ibinabahagi nila, o ang mga ideya at mungkahing iniaalok nila, tatanggi silang patuloy na gumawa at gugustuhin nilang bitiwang ang kanilang tungkulin at lumayo—gugustuhin nilang talikuran ang Diyos. Kung hihilingin mo sa kanila na makipagtulungan sa isang tao, hindi nila gagawin ito, at kung hihilingin mo sa kanila na gawin ang lahat ng kanilang makakaya sa paggawa ng kanilang tungkulin, hindi rin nila iyon gagawin. Magiging kaliwa’t kanan lang ang pag-uutos nila, uutusan nila ang iba na makinig sa kanila, asikasuhin sila, maging tagapagserbisyo nila, at maglingkod sa kanila imbes na gawin ang sariling tungkulin ng mga ito sa sambahayan ng Diyos. At kung hindi nila nakukuha ang ganitong uri ng pagtrato, o kung mawala ang ganitong pagtrato sa kanila, itong pagtrato na pinaglilingkuran sila ng iba, nagtatrabaho ang iba para sa kanila, at sumusunod sa kanilang mga utos, gusto na nilang magbitiw at lumayo; naniniwala silang hindi matuwid ang Diyos, puno ng reklamo at galit sa Diyos ang kanilang puso at nagkakaroon sila ng pagkamuhi sa mga kapatid, at walang sinuman ang nakakatulong sa kanila. Hindi nila kayang makipagtulungan nang may pagkakasundo sa sinuman at hindi nila magawang makipag-ugnayan sa sinuman bilang kapantay. Ang mga panuntunan nila sa pakikipag-ugnayan sa iba ay na dapat sila lang ang mangibabaw sa iba kapag nagsasalita at kumikilos sila, pinapanood nila ang iba na ginagawa ang lahat para sa kanila at sinusunod ang bawat utos at islogan na binibigkas nila; walang sinuman ang karapat-dapat na makipagtulungan sa kanila, at walang sinuman ang kalipikadong makipag-ugnayan sa kanila bilang kapantay. Kung tinatrato sila ng isang tao bilang kaibigan o ordinaryong kapatid, at kinakausap sila, nakikipagtalakayan sa kanila tungkol sa gawain, at nakikipagbahaginan sa kanila tungkol sa pagkaunawa na para bang magkapantay sila, kung gayon, itinuturing nila ito bilang isang napakalaking insulto at matinding paghamon sa kanilang integridad. Sa puso nila, namumuhi at nakakaramdam sila ng pagkamapanlaban sa gayong mga tao, at maghahanap sila ng mga pagkakataon na makapaghiganti sa kahit sinong tumatrato sa kanila bilang kapantay o sa mga hindi sumeseryoso sa kanila. Hindi ba’t ito ang ginagawa ng mga anticristo? Ito ang may herarkiya na perspektiba na ipinapakita ng mga anticristo sa pakikipag-ugnayan sa ibang tao. Siyempre, may kaugnayan ito sa tunay na opinyon at saloobin na kinikimkim ng mga anticristo tungkol sa titulong “tagapagserbisyo.” Ni hindi nila kayang tanggapin ang isang titulo na ibinibigay ng Diyos sa sangkatauhan, kaya, matatanggap ba nila ang pagkondena, paglalantad, at pagsusuri ng iba? Lalong hindi nila kayang tanggapin ang mga bagay na ito. Sa isang banda, nakakaramdam sila ng pagkamapanlaban at pagtutol sa titulo at sa diwa ng “tagapagserbisyo,” ngunit sa kabilang banda, walang-kapaguran silang nanghihiikayat ng mas maraming tao sa panig nila at inaakay nila ang mga ito na magserbisyo sa kanila, maglingkod sa kanila, mag-asikaso sa kanila, at sumunod sa kanila. Hindi ba’t kasuklam-suklam ito? Buktot ang diwa ng mga gayong tao, at totoo talaga iyon. Nais nilang kontrolin ang iba. Sila mismo ay malinaw na walang kuwenta at

walang kayang gawin; basura lang sila sa sambahayan ng Diyos, wala silang normal na pagkatao, at hindi nila kayang makipag-ugnayan nang normal sa ibang tao, at lalong wala silang normal na katwiran. Hindi nila nauunawaan ang katotohanan kahit kaunti, hindi sila naliwanagan tungkol sa katotohanan, may kaunti lang silang propesyonal na kaalaman at ilang kasanayang nalalaman, at hindi nila magawa nang maayos ang anumang tungkulin. Gayumpaman, hindi pa rin sila umaasal nang mabuti at gusto nilang agawin ang kapangyarihan, at kapag hindi nila maagaw ang kapangyarihan, pakiramdam nila ay katapusan na nila, iniisip nila, “Siguro ay nagserbisyo lang ako noong ginawa ko ang mga bagay na iyon dati. Ayaw kong magserbisyo. Mas mabuti pang magmadali na akong umalis ngayon bago ako labis na magsikap o labis na mawalan.” Ito ang ideya nila. Palagi silang may gayong kapasyahan at nabubuo nila ang gayong desisyon; kaya nilang tumigil sa pananampalataya at umalis anumang oras, iwanan ang kanilang tungkulin sa anumang sandali at tumakas, bumalik sa yakap ni Satanas at maging katuwang nito sa paggawa ng kasamaan. Mayroon bang mga ganitong tao? (Oo.) Pagdating sa ilang aspekto ng propesyonal na gawain, maaaring may kaunti silang nauunawaan, ngunit pagdating sa mga katotohanang prinsipyo na dapat nilang maarok para sa aspektong iyon ng propesyonal na gawain, ganap silang ignorante; pagdating sa isang aspekto ng kaalaman o mga kaloob, maaaring nagtataglay sila ng ilan, ngunit pagdating sa mga katotohanang prinsipyo na dapat nilang maunawaan para magawa ang kanilang tungkulin, muli ay ganap silang mangmang, at baluktot ang kanilang pagkaarok. Hindi nila magawang makipagtulungan nang maayos sa iba, at hindi sila magkaintindihan kapag nakikipagbahaginan sila sa ibang tao. Saan ba nababagay ang mga gayong tao? Kung tunay silang may konsensiya at katwiran, magagawa nilang tratuhin nang tama ang ibang tao, at kapag ang sinasabi ng mga tao ay tama at naaayon sa katotohanan, matatanggap nila ang mga ito, kusang-loob silang magpapasakop, at magagawa nilang maghimagsik laban sa kanilang laman. Hindi nila dapat palaging gustuhing mamukod-tangi, mamuno sa iba, at kontrolin ang iba; sa halip, dapat nilang bitiwang ang kanilang ambisyon at pagnanais na mangibabaw sa iba at maging handang maging pinakahindi mahalaga sa lahat ng tao, kahit pa may kasama itong pagseserbisyo—dapat nilang gawin ang anumang makakaya nila. Sila mismo ay mga ordinaryong tao, kaya dapat silang bumalik sa posisyon ng mga ordinaryong tao, gawin ang kanilang makakaya sa kanilang mga tungkulin, at umasal sa praktikal na paraan. Ang mga ganitong tao ay makakapanindigan hanggang sa huli. Kung hindi nila pipiliin ang landas na ito at sa halip ay ituturing ang kanilang sarili na dakila at marangal, kung walang sinuman ang makakagalaw o makakalapit sa kanila, at kung gusto nilang maging siga ng bayan, isang tirano, at sumunod sa landas ng mga anticristo, kung gayon ay nakatadhana silang maging masasamang tao. Kung hindi sila handang maging ang pinakahamak na tao, na maging ganap na hindi kilala o malayo sa atensiyon ng iba, o ibigay ang lahat ng makakaya nila, kung gayon ay tiyak na mga anticristo sila at hindi sila maliligtas—mapanganib ito para sa kanila. Kung ang ganitong tao ay makakapagnilay-nilay sa

kanyang sarili, magkakaroon ng kamalayan sa sarili, makakatanggap sa kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos, makakaako sa kanilang angkop na posisyon, at magagawang maging ordinaryong tao, at hindi na magpapanggap, kung gayon, magkakaroon siya ng pagkakataon na makamit ang kaligtasan. Kung palagi mong gustong maging mapanupil at di-makatwiran at ipakita ang iyong sarili bilang isang makapangyarihang tao, kung gayon, walang saysay iyon. Ang sambahayan ng Diyos ay puno ng hinirang na mga tao ng Diyos, at gaano ka man katindi, kabagsik, o kasama, walang silbi iyon. Ang sambahayan ng Diyos ay hindi isang lugar ng labanan, kaya kung gusto mong makipaglaban, gawin mo iyon sa mundo sa labas. Walang sinuman sa sambahayan ng Diyos ang gustong makipaglaban sa iyo; walang interesado rito o may oras para dito. Ang sambahayan ng Diyos ay isang lugar na nangangaral ng katotohanan, na tumutulong sa mga tao na makaunawa sa katotohanan at maisagawa ang katotohanan. Kung hindi mo maisagawa ang katotohanan, mahirap iyon at ipinapakita lang nito na hindi ka nabibilang dito. Kung palagi mong gustong makipaglaban, kung palagi mong gustong maging mabagsik, malupit, mapanupil at di-makatwiran, kung gayon, hindi angkop na lugar para sa iyo ang iglesia. Karamihan ng mga tao sa sambahayan ng Diyos ay nagmamahal sa katotohanan; gusto nilang sumunod sa Diyos at makamit ng buhay, at hindi sila natutuwa sa pang-iintriga at pakikipaglaban sa mga diyablo. Ang mga anticristo lamang ang natutuwang makipaglaban palagi at makipagkompetensiya para sa kapangyarihan at pakinabang, at iyon ang dahilan kung bakit hindi makapanindigan ang mga anticristo sa sambahayan ng Diyos.

Mayroong isang uri ng tao na sobrang sensitibo sa mga bagay na tulad ng pagkakakilanlan, posisyon, at katayuan, at partikular silang nakakaramdam ng matinding pagtutol at pagkasuklam sa titulong “tagapagserbisyo,” at talagang hindi nila matanggap ito—ang mga gayong tao ay mga anticristo. Bukod sa hindi nila hinahangad ang katotohanan at tutol sila sa katotohanan, tutol din sila na matawag na “tagapagserbisyo.” Sa totoo lang, ang mga tutol sa titulong “tagapagserbisyo” ay dapat na maghangad sa katotohanan—kung kaya nilang hangarin ang katotohanan, hindi ba’t maiwawaksi na nila ang titulong “tagapagserbisyo”? Pero ito mismo ang problema. Dahil labis silang tutol sa katotohanan, hinding-hindi nila tatahakin ang landas ng paghahangad at pagsasagawa nito. Kaya naman, sa gawain ng plano ng pamamahala ng Diyos, habang-buhay nilang gagampanan ang papel ng mga tagapagserbisyo. Siyempre, para sa mga anticristo, ang magawang kumilos bilang mga tagapagserbisyo sa plano ng pamamahala ng Diyos ay isa pa ring pagpapala; isa itong pagkakataon para makita nila ang mga gawa ng Lumikha, marinig ang Lumikha na nagpapahayag ng katotohanan at nagbabahagi ng Kanyang mga kaloob-loobang kaisipan sa sangkatauhan, at mapahalagahan ang karunungan at mga makapangyarihang gawa ng Lumikha. Para sa kanila, hindi masama na maging mga tagapagserbisyo ng Lumikha, at naa-arok man nila o hindi, isang bagay na palaging matatandaan ng mga anticristo at mga kasamahan ni Satanas ang pagiging mga tagapagserbisyo nila sa Diyos at pagseserbisyo sa sambahayan ng Diyos, kahit matapos

na ang gawain ng Diyos kalaunan. Sa buong proseso ng pagiging antagonistiko ng tiwaling sangkatauhan sa Diyos, hindi namamalayan ng mga anticristo na nagseserbisyo sila para sa plano ng pamamahala ng Diyos, at ito ang maliit na halaga sa pag-iral ng bawat anticristo—isa itong katunayan. Ang ginagawang kontribusyon ng mga anticristo ay ang pagpapahintulot sa hinirang na mga tao ng Diyos na makilatis at makilala ang mga anticristo mula sa negatibong aspekto. Handa man silang kilalanin ang katunayang ito o hindi, at sila man ay handa, nagagalak, at masaya na maging mga tagapagserbisyo, ano't anuman, ang pagseserbisyo para sa gawain ng Diyos bilang mga tagapagserbisyo at paggampan ng papel na ito ay mga bagay na sulit—ito ang pagtataas ng Diyos sa kanila. Sinasabi ng ilang tao, “Itinataas din ba ng Diyos ang mga anticristo?” Ano ang mali roon? Sila ay mga nilikha; hindi ba sila puwedeng itaas ng Diyos? Totoo ang sinasabi Ko. Ngayon, ano ang nararamdaman ng mga anticristo kapag naririnig nila ang mga salitang ito? Hindi sila dapat maghanap ng mga kamalian at dapat silang magkamit ng kaunting kaginhawahan. Kahit papaano, nakapag-ambag sila ng kaunting pagsisikap sa mahalagang usapin ng plano ng pamamahala ng Diyos. Kusang-loob man nila itong ginawa, o kung aktibo o pasibo man nila itong ginawa, ano't anuman, pagtataas ito ng Diyos sa kanila, at dapat nila itong tanggapin nang nagagalak at hindi labanan ito. Kung kayang maghimagsik ng mga anticristo laban sa kanilang mga ninuno, maghimagsik laban kay Satanas, at maghangad sa katotohanan at ng pagpapasakop sa Lumikha, kung gayon, sabihin mo sa Akin, magiging masaya ba ang Diyos? (Oo, magiging masaya Siya.) Mapalad din dito ang hinirang na mga tao ng Diyos, at dapat din silang maging masaya—mabuting bagay ito. Mapapangatwiran man o hindi ang katunayang ito, ano't anuman, kung kayang magbago ng mga anticristo at tumahak sa landas ng pagsisisi, siyempre, mabuting bagay iyon. Kaya, bakit Ko sinasabing mapalad dito ang hinirang na mga tao ng Diyos? Kung kusang-loob na magseserbisyo ang isang anticristo, hindi ba't mababawasan ng isang salot sa sambayanan ng Diyos? Kung mababawasan kayo ng isang diyablo, mababawasan ng isang nanggugulo at nang-aabala, hindi ba't magiging mas mapayapa ang mga araw ninyo? Kung titingnan sa ganitong perspektiba, kung talagang kusang-loob na magseserbisyo ang mga anticristo, magiging magandang bagay rin ito na nararapat ipagdiwang. Dapat ninyong hikayatin at tulungan sila, at hindi sila tuluyang balewalain. Kung mayroon kayong mabubuting layunin at hinahayaan ninyo silang manatili, ngunit mas nakakagulo lang ang kanilang pagseserbisyo kaysa nakakatulong at humahantong ito sa sakuna, kung gayon, dapat silang pakitunguhan ayon sa mga prinsipyo. Hindi ba't isa itong mabuting paraan ng paggawa sa mga bagay-bagay? (Oo, ganoon na nga.)

May isa pang uri ng tao na karapat-dapat banggitin. May mga taong handang magdusa at magbayad ng halaga habang ginagawa ang kanilang tungkulin, at kung minsan, kaya rin nilang sumunod at magpasakop o makitungo sa mga bagay-bagay ayon sa mga prinsipyo. Ang personal nilang pagnanais ay ang tahakin ang landas ng paghangad ng katotohanan, palagi nilang kayang magpasakop sa anumang isinaayos ng ang Itaas o ng

iglesia, at palagi nilang kayang tapusin ang mga gampanin sa tamang oras. Hindi sila nagsasanhi ng mga pagkagambala at kaguluhan sa sambahayan ng Diyos, at naghahatid ng maraming benepisyo at pakinabang sa mga kapatid ang gawain at tungkuling ginagawa nila. Sa panlabas, bagama't hindi sila nakagawa ng anumang kasamaan, hindi sila nanggagambala o nanggugulo, at hindi sila mukhang masasamang tao, may ginagawa sila na hindi kayang gawin o hindi ginagawa ng mga ordinaryong tao, at iyon ay na nasisiyahan sila sa pagpapalawak ng kanilang impluwensiya at pagtatatag ng kanilang mga nagsasariling kaharian. Kapag naatasan sila sa ilang gampanin, sa sandaling maging superbisor sila ng trabahong iyon, nakakapagsimula na silang magtayo ng kanilang mga nagsasariling kaharian at hindi namamalayang nakakapagsimula na silang palakasin ang kanilang kapangyarihan at mga koneksiyon sa loob ng saklaw ng kanilang impluwensiya. Sa loob ng saklaw na ito, ganap at lubusan nilang nakukuha ang loob ng lahat, at malakas na pinupuri at labis na hinahangaan ng mga tao ang lahat ng kanilang ginagawa, ang lahat ng kanilang sinasabi, at ang halagang ibinabayad nila. Itinuturing nila ang saklaw ng kanilang pamamahala bilang kanilang sariling munting pamilya sa loob ng pamilya ng Diyos. Sa panlabas, mukhang kaya nilang magbayad ng halaga, magdusa, at magpasan ng responsabilidad—tila wala namang problema. Gayumpaman, sa mahahalagang sandali, kaya nilang ipagkanulo ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Upang mapangalagaan ang kanilang sariling katanyagan at ang kanilang pagiging pinakamataas, at mapangalagaan ang kanilang absolutong posisyon, dignidad, at kapangyarihan sa iglesia, hindi sila sumasalungat o nananakit sa sinuman. Kahit na may isang taong pumipinsala o nagkakanulo sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, o kahit na may nanggugulo o sumisira sa gawain ng sambahayan ng Diyos, hindi nila sinusuri ang isyung ito, hindi nila ito pinapansin, at kaya nila itong kunsintihin. Hangga't hindi banta sa kanilang posisyon ang taong iyon at nagseserbisyo pa rin sa loob ng saklaw ng kanilang impluwensiya, ayos lang iyon—ito ang kanilang pinakamataas na pamantayan. Anuman ang mga kaguluhang idinudulot ng taong iyon, hindi nila ito nakikita, hindi nila ito pinapansin, at hindi nila pinupungusan o sinasaway ang taong iyon, at lalong hindi nila ito pinakikitunguhan. Ang mga gayong tao ay mga mapanganib na elemento. Mahirap silang makilatis ng karaniwang tao, at marahil ay hindi mo mapapansin ang anumang mali sa kanila kapag wala silang posisyon. Ngunit sa sandaling magkaroon sila ng posisyon, lubusang nalalantad ang kanilang kalikasang diwa. At ano mismo ang nalalantad? Ito ay na may balak sa likod ng halagang ibinabayad nila at sa lahat ng ginagawa nila; hindi nila ginagawa ang mga bagay na ito para mapangalagaan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, hindi talaga nila ginagawa ang kanilang tungkulin, at hindi nila ginagawa ang lahat ng bagay na ito para makita ng Diyos, kundi para makita ng mga tao. Gusto nilang maakit ang mga titig, mga mata, at atensiyon ng iba, at higit pa rito, gusto nilang ilihis ang puso ng mga tao para tingalain, hangaan, at purihin sila ng mga tao. Iyon ang dahilan kung bakit wala silang pakialam kung paano sila nakikita o tinatrato ng Diyos; kung sinasabi ng Diyos na nandoon lamang sila para magserbisyo,

wala silang pakialam. Hangga't nagagawa ng mga tao na lumuhod sa harap ng kanilang mga paa at yumukod sa kanila, ayos lang ito. Ang mga taong ito ay mga mapanganib na elemento at hindi kaisa sa isipan ng Diyos at ng sambahayan ng Diyos, at ang puso nila ay hindi katulad ng sa hinirang na mga tao ng Diyos na tunay na naghahangad sa katotohanan. Nagpapalawak sila ng kanilang impluwensiya, at pati na rin ng impluwensiya ni Satanas. Batay sa kanilang iba't ibang pagpapamalas, ang tungkuling ginagawa nila at ang lahat ng ginagawa nila ay pawang isang paraan para magpakitang-gilas ng kanilang sarili at bolahin ang iba sa abot ng kanilang makakaya.

Kayang magserbisyo ng mga anticristo sa sambahayan ng Diyos at sa gawain ng plano ng pamamahala ng Diyos, at sa isang punto, maaari pa nga silang maging magagaling na tagapagserbisyo. Gayumpaman, dahil sa landas na tinatahak nila, at dahil sa mga layon at direksiyong pinipili nila, pati na rin sa kanilang pagnanais para sa posisyon at kapangyarihan at pananabik sa kasikatan at pakinabang na nasa loob nila, hindi nila kailanman maiwaksi ang titulong "tagapagserbisyo," hindi nila maunawaan ang katotohanan, hindi nila maarok kung ano ang katotohanang realidad o hindi sila makapasok dito, hindi nila maisagawa ang katotohanan, hindi nila makamtan ang tunay na pagpapasakop, at hindi sila makapagtamo ng takot sa Diyos. Ang mga gayong tao ay mga mapanganib na elemento. Mayroon silang malalalim na pilosopiya para sa mga makamundong pakikitungo, may mga napakatusong paraan ng pag-asal at pakikitungo sa mundo, at partikular nilang binibigyang-pansin ang kanilang paraan ng pagsasalita at ang mga salitang ginagamit nila kapag nakikipag-usap sa iba, at mahigpit nilang pinagtutuunan ng pansin ang mga pamamaraang ginagamit nila kapag nakikipag-ugnayan sila sa mga tao. Bagama't sa panlabas ay maaaring hindi sila mukhang taksil at masama, ang puso nila ay puno ng mga buktot na ideya, kaisipan, at pananaw, at maging ng mga kuru-kuro at maling pagkaunawa tungkol sa katotohanan at ng pagkabigong maunawaan ang Diyos. Bagama't hindi makita ng mga tao kung ano ang masama sa mga taong ito o makita na sila ay masasamang tao, dahil napakabuktot ng kanilang diwa, at dahil hindi nila kayang gawin kahit kailan ang kanilang tungkulin nang naaayon sa mga katotohanang prinsipyo o tahakin ang landas ng paghahangad sa katotohanan at umabot sa tunay na pagpapasakop sa Diyos, sa huli, hindi nila kailanman maiwawaksi ang titulong "tagapagserbisyo." Ang mga taong ito ay mas tuso at mas may kakayahang ilihis ang iba kaysa sa mga hayag na anticristo at masamang tao. Sa panlabas, tila wala silang opinyon o kinikimkim na saloobin tungkol sa titulong "tagapagserbisyo," at na lalong wala silang nararamdamang anumang pagtutol dito. Gayumpaman, ang totoo, batay sa kanilang diwa, kahit na magserbisyo sila para sa Diyos, nagkikimkim pa rin sila ng mga intensyon at layon; hindi sila nagseserbisyo nang walang kondisyon, at hindi nila ito ginagawa para makamit ang katotohanan. Dahil buktot at tuso ang kalooban ng mga taong ito, hindi madali para sa iba na kilatisin sila. Tanging sa mga kritikal na usapin at oras nabubunyag ang kanilang kalikasang diwa, mga kaisipan, mga pananaw, at ang landas na tinatahak nila. Habang nagpapatuloy ito, kung

pipiliin ng mga taong ito ang ganitong paraan ng paghahangad at pipiliin nilang tumahak sa ganitong landas, kung gayon, maaaring isipin na hindi maliligtas ang mga gayong tao. Ginagamit nila ang tiwalang ibinigay sa kanila ng sambahayan ng Diyos at ang oportunidad ng gawain ng Diyos para magpakana alang-alang sa kanilang sariling kapakinabangan, para kontrolin at pahirapan ang mga tao, at para matugunan ang kanilang sariling mga ambisyon at pagnanais. Sa huli, hindi nila nakakamit ang katotohanan, kundi sa halip ay nabubunyag sila dahil sa paggawa ng lahat ng uri ng kasamaan. Kapag nabunyag sila, nagiging malinaw na hindi hinahangad ng mga taong ito ang katotohanan, at na hindi sila nananampalataya sa Diyos alang-alang sa paghahangad sa katotohanan at pagtamo ng kaligtasan. Pagkatapos makinig sa mga salita ng Diyos at sa Kanyang paglalantad sa iba't ibang uri ng tao, kung patuloy na gagamitin ng mga taong ito ang mga prinsipyo, diskarte, at pamamaraan ng pakikitungo sa mundo para gawin ang kanilang tungkulin, kung gayon, iisa lang ang maaaring maging kalalabasan: Kailangang gampanan nila ang papel ng tagapagserbisyo sa gawain ng pamamahala ng Diyos, at mabunyag at matiwalag sa huli—isa itong katunayan. Ni minsan ba ay nagkaroon kayo dati ng mga karanasan sa mga gayong tao? Kapag ibinunyag at pinatalsik sila, ang ilang anticristo ay nagiging mga komandante na walang hukbo. Napakarami at napakalaki ng kasamaang nagawa nila, at kinasusuklaman at inaabandona sila ng mga kapatid. Mayroon ding isa pang uri ng tao na, kapag nabunyag, kinondena, at itinakwil sila ng iglesia, marami silang kasabwat at katulong na nagtatanggol sa kanila, nakikipaglaban para sa kanila, at nagpoprotesta laban sa Diyos. Hindi ba't mas kaya ng mga ganitong uri ng tao na manlihis ng iba? Mas lalo pang mapanganib ang mga gayong tao. Tungkol sa kung paano tinatrato ng mga anticristo ang titulong “tagapagserbisyo,” at aling mga natatagong pagsasagawa, ideya, at pagpapamalas ang ipinapakita nila, tatapusin na muna natin dito ang pagbabahaginan natin sa ngayon.

c. Kung Bakit Ayaw ng mga Anticristo na Maging mga Tagapagserbisyo

Ayaw ng mga anticristo na maging mga tagapagserbisyo at hindi nila matanggap na maging mga tagapagserbisyo. Iniisip nila na sa pagiging mga tagapagserbisyo, magdurusa sila ng matinding pang-iinsulto at diskriminasyon. Kung gayon, ano ba mismo ang gusto nila maging? Ano ang pakay nila nang magsimula silang manampalataya sa Diyos at dumating sa sambahayan ng Diyos? Handa ba silang maging isa sa mga tao ng Diyos, mga tagasunod ng Diyos? Handa ba silang maging isang taong pinerpekto? Masaya ba silang maging katulad ni Pedro at Job at matuwa na sa ganito? (Hindi.) May sinuman bang nagsasabi na masaya silang maging isa sa hinirang na mga tao ng Diyos sa kanyang pananalig sa Diyos, na sapat na iyon para sa kanya? May sinuman bang handa na maging laruan sa mga kamay ng Diyos? Wala, labis na hindi handa ang mga tao na maging ganito. Kapag dumating sa sambahayan ng Diyos ang sinuman, hinahangad nilang makakuha ng mga pakinabang, pagpapala, gantimpala, at ng isang korona. Habang tinatanggap nila ang paglalantad at paghatol ng mga salita ng Diyos, nalalaman

nila na sa pagkikimkim ng mga gayong layunin sa kanilang pananalig sa Diyos, hindi nila mauunawaan ang katotohanan at hindi matatamo ang kaligtasan sa huli. Kaya, nagpapasya ang maraming tao na bitiwang muna ang kanilang pagnanais para sa mga pagpapala, sa korona, at sa mga gantimpala, na bitiwang lahat ng pakinabang na ito at makinig muna sa kung ano ang sinasabi ng Diyos, kung ano ang Kanyang mga hinihingi sa tao, at kung ano ang gusto Niyang sabihin sa tao. Nakakaramdam ng lihim na kagalakan sa kanilang puso ang maraming taong nakikinig sa mga salita ng Diyos, sinasabi nila: “Inilalantad ng Diyos ang aming katiwalian, inilalantad Niya ang aming pangit na tunay na kulay, at inilalantad Niya ang diwa namin ng pagkontra sa Diyos at pagiging tutol sa katotohanan—katunayan ang lahat ng ito. Mabuti na lang at hindi ako nagmadaling iunat ang aking mga kamay para humingi sa Diyos ng magandang kapalaran, biyaya, at mga pagpapala; mabuti na lang at binitiwang ko muna ang mga bagay na ito. Kung hindi ko binitiwang ang mga bagay na ito, hindi ba’t magmumukha akong hangal? Ang lahat ng sinasabi ng Diyos ay naglilantad sa kalikasan at diwa ng tao, kaya paano ko maiwawaksi ang mga bagay na iyon? Sinabi ng Diyos na dapat munang simulan ng mga tao ang paggawa ng kanilang tungkulin at makipagtulungan sila sa gawain sa loob ng plano ng pamamahala ng Diyos. Sa prosesong ito, kung ang mga tao ay makakapagsimulang tumahak sa landas ng pag-unawa at pagtanggap sa katotohanan, magkakaroon sila ng pag-asang makapagtamo ng kaligtasan at maaaring magkamit sila ng maraming pakinabang sa hinaharap.” Sa puntong ito, maraming tao ang huminto sa pag-iisip tungkol sa mga bagay na iyon. Ang kanilang magagandang kahilingan, ang kanilang pananabik at mga inaasam para sa hinaharap ay tila hindi na masyadong makatotohanan. Pakiramdam nila na, sa sandaling ito, mas makatotohanan, mas mahalaga, at mas kritikal kaysa sa mga kagustuhan at adhikaing iyon kung paano gawin nang maayos ang kanilang mga tungkulin, kung paano tugunan ang mga layunin ng Diyos, at kung paano unawain ang katotohanan at manindigan. Samakatwid, sa kritikal na yugtong ito, pinipili ng karamihan sa mga tao na gawin ang kanilang tungkulin, danasin ang gawain ng Diyos, kamtin ang katotohanan, ilaan ang kanilang oras at kabataan, at talikuran ang kanilang pamilya, ang kanilang trabaho, at ang kanilang mga makamundong kinabukasan para sa Diyos at para sa paggampan ng kanilang tungkulin, at iniwan pa nga ng ilang tao ang kanilang buhay may-asawa para dito. Ang mga ganitong uri ng pagpapamalas, pag-uugali, at kilos ng mga tao ay walang duda na isang uri ng masunurin at mapagpasakop na saloobin tungo sa mga positibong bagay at sa lahat ng hinihingi na sinasabi ng Diyos, at ang mismong saloobing ito ang kinakailangang kondisyon na dapat taglayin ng mga tao para maunawaan nila ang katotohanan, maisagawa ang katotohanan, para makapagpasakop sila sa Diyos, at sa huli ay makamit nila ang kaligtasan. Ito ang iba’t ibang pagpapamalas at kaisipan na taglay ng bawat normal na tao bago siya dumating sa sambahayan ng Diyos para gawin ang kanyang tungkulin. Mula nang magsimulang manampalataya ang mga taong ito sa Diyos hanggang sa kasalukuyan, patuloy na nagbabago ang kanilang mga kaisipan at

pananaw, at pati na rin ang kanilang saloobin sa katotohanan at sa Diyos ay sumasailalim sa palagiang pagbabago. Kasabay ng patuloy na pagkawasak ng mga dating pagnanais at ambisyong ito ng tao, unti-unti at aktibo na nilang binibitiwan at isinusuko ang mga ito. Ito ang mabuting ibinunga sa huli ng pagnanais ng mga tao na makipagtulungan at magpasakop sa Diyos. Isa itong positibo at mabuting pagpapamalas, at isa itong magandang resulta. Habang patuloy na umuusad ang mga tao, halos ganap nang nabitiwan ng mga tunay na naghahangad sa katotohanan ang kanilang pagnanais at intensyon na magkamit ng mga pagpapala, at kaya karamihan sa mga tao ay pangunahing hindi gaanong sensitibo o interesado sa iba't ibang pangako ng Diyos sa tao noon. Ito ay dahil, kapag sinukat ayon sa katwiran ng isang normal na tao, kung hindi magawa ng isang tao ang kanyang tungkulin sa paraang pasok sa pamantayan at nabibigo siyang maunawaan ang katotohanan, mapapalampas niya ang kanyang pagkakataon na makamit ang lahat ng pagpapalang ipinangako ng Diyos at wala na siyang magiging kinalaman sa mga ito. Dapat maunawaan ng lahat ang pinakasimpleng lohikang ito. Siyempre, maraming tao na ngayon ang nakakaunawa sa gayong katunayan, at inaamin at tinatanggap din nila ito; ang mga anticristo lang ang hindi tumatanggap nito. Bakit hindi nila ito tinatanggap? Dahil mga anticristo sila. Hindi nila tinatanggap ang katunayang ito, at kaya, ano ang gusto nilang gawin? Kapag dumarating sila sa sambahayan ng Diyos, sinisiyasat nila ang mga salita ng Diyos at natatagpuan nila sa mga ito ang iba't ibang titulo at katayuan tulad ng “persona ng Diyos,” “mga panganay na anak,” “mga anak ng Diyos,” “mga tao ng Diyos,” at “mga tagapagserbisyo,” at nagniningning ang kanilang mga mata. Mabilis na natutugunan ang kanilang mga pagnanais at ambisyon, at iniisip nila, “Masyadong ordinaryo ang maging isa sa mga anak ng diyos; karamihan sa mga tao ay mga anak ng diyos. Ang pagiging isa sa mga tao ng diyos ay nangangahulugan ng pagiging isang karaniwang tao, parte ng masa, isang ordinaryong tao lang na walang kapangyarihan o impluwensiya. At huwag mong isipin na gawin akong tagapagserbisyo. Hangga’t nabubuhay ako, wala akong magiging kinalaman sa pagiging tagapagserbisyo; ganap na wala itong kaugnayan sa akin.” Kaya, pinagtutuunan nila ang dalawang titulo—“persona ng Diyos” at “mga panganay na anak.” Sa kanilang mga kuru-kuro, naniniwala sila na ang “persona ng Diyos” ay ang Diyos Mismo, na ang “mga panganay na anak” ay ang mga panganay na anak ng Diyos, at na ang dalawang ito ay naghahatid ng kapangyarihan at impluwensiya, at kayang mamuno bilang mga hari sa sangkatauhan, kontrolin ang mga tao, kontrolin ang hinirang na mga tao ng Diyos, magtaglay ng ganap na kapangyarihan, at magkaroon ng kapangyarihan na siyang maging tagapagdesisyon, ng kapangyarihan na maging lider, at ng kapangyarihan na manipulahin ang mga tao at magpasya kung mabubuhay o mamamatay ang mga tao—naniniwala sila na napakalaki ng mga kapangyarihang ito. Kaya imposible na gawin silang mga tagapagserbisyo. Kung sila ang papipiliin, pipiliin nilang maging mga panganay na anak o persona ng Diyos; kung hindi, titigil sila sa pananampalataya sa Diyos. Kapag gumagawa sila ng kanilang tungkulin o kumikilos bilang mga lider at manggagawa sa sambahayan ng Diyos,

kumikilos, nagbabayad ng halaga, nagdurusa, at nagpaparoo't parito sila sa paghahangad ng dalawang layong ito. Sa panahong ito, patuloy silang nagkakalkula kung gaano na kalayo ang narating nila habang nagpaparoo't parito sila, kung ilang tao na ang nakamit nila sa pangangaral ng ebanghelyo, kung ilang tao ang gumagalang at tumitingala sa kanila, kung lumalapit ba sa iba o sa kanila ang mga kapatid na may mga problema kapag sila ang namumuno sa iglesia, at kung kaya ba nilang kontrolin at impluwensiyahan ang mga kaisipan at pananaw ng iba. Patuloy silang nagkakalkula, nagtitimbang, at nagmamasid sa mga bagay na ito, naglalayong matamo ang nais nila: ang mamuno bilang mga hari sa sambahayan ng Diyos. Normal na nakakagawa ng tungkulin ng isang nilikha ang karamihan sa mga tao pagkatapos nilang dumating sa sambahayan ng Diyos at makaunawa ng ilang katotohanan—ngunit hindi ang mga anticristo. Naniniwala sila na galing sila sa isang marangal na lahi, na parte sila ng isang marangal at espesyal na grupo, at na dapat silang tawaging dakila sa sambahayan ng Diyos; kung hindi, hindi sila mananampalataya sa Diyos. Kung mananampalataya man sila sa Diyos, dapat silang parangalan bilang dakila sa sambahayan ng Diyos at maging pinakanangunguna. Kasabay nito, kinakalkula at tinatantiya rin nila kung gaano na karami ang kanilang kredito sa talaan ng Diyos, at kung sapat na ba silang kalipikado na mamuno bilang mga hari kasama ang Diyos. Samakatwid, ang pinanggagalingan, pinagmumulan, at motibasyon ng ilang anticristo sa pagpunta sa sambahayan ng Diyos para gawin ang kanilang tungkulin ay upang pumunta sa Kanyang sambahayan para mamuno bilang mga hari. Tiyak na ayaw nilang gawin ang kanilang tungkulin para lang maging mga ordinaryo at pinakahindi mahalagang tagasunod, at sa sandaling mapawi ang kanilang ambisyon at pagnanais, bigla silang nagiging mapanlaban at tumatanggi silang gawin ang kanilang tungkulin.

May ilang tao sa sambahayan ng Diyos ngayon na ilang taon nang gumagawa ng kanilang tungkulin, hindi maayos ang paggawa nila sa lahat ng bagay, at natitiwalag sila saanman nila ginagawa ang kanilang tungkulin. Dahil mayroon silang kahindik-hindik na pagkatao at mababang integridad, dahil hindi nila hinahangad ang katotohanan, at mayroon silang malupit at buktot na disposisyon na tutol sa katotohanan, sa huli ay itinatakwil sila ng mga kapatid. Sa oras na makita nilang mauuwi na sa wala ang kanilang pagnanais para sa mga pagpapala, at hindi na matutupad ang kanilang pangarap na makapamuno bilang hari at mamukod-tangi sa sambahayan ng Diyos, paano sila namumuhay sa kanilang pribadong buhay? Hindi nila binabasa ang mga salita ng Diyos, hindi sila nakikinig ng mga himno, hindi sila dumadalo sa mga pagtitipon, hindi nila pinapansin ang sambahayan ng Diyos kapag hiningi sa kanila na gumawa ng tungkulin, at kinakailangan pa silang tawagan, yayain, at paalalahanan ng mga kapatid kapag oras na ng pagdalo sa mga pagtitipon. Ang ilan sa kanila ay nag-aatubiling patuloy na dumalo sa mga pagtitipon, pero hindi sila nagsasalita habang nagtitipon, hindi sila nakikipagbahaginan, at nasusuklam sila sa lahat ng sinasabi ng iba at ayaw nilang marinig ito. Kapag nagdarasal ang mga kapatid, ipinipikit din nila ang kanilang mga mata, pero wala silang sinasabi—wala silang masabi sa Diyos. At ano ang ginagawa ng ibang tao sa

panahon ng mga pagtitipon, kapag nakikinig ng mga sermon, o kapag nakikipagbahaginan ang mga kapatid tungkol sa katotohanan? Ang ilan ay natutulog, ang ilan ay tumitingin sa kanilang telepono at nagbabasa ng balita, ang ilan naman ay nakikipagdaldalan sa iba, at ang ilan ay naglalaro ng online games. Sa kanilang pananampalataya sa Diyos, iniisip nila na sa sambahayan ng Diyos, kung hindi sila magugustuhan ng iba, hindi mapapaboran ng iba, kung hindi sila mapapalibutan ng mga tagasuporta, at hindi sila maaatasan ng mahahalagang gampanin, kung gayon, hindi sila makakapamuno bilang mga hari kasama ang Diyos sa hinaharap, at kaya, para sa kanila ay hindi umiiral ang Diyos. Para sa kanila, ang pag-iral ng Diyos ay nakaugnay sa kung maaari ba silang makatanggap ng mga pagpapala o hindi. Hindi ba't ganito umasal ang mga anticristo? Naniniwala sila na kung hindi sila hahayaan ng isang diyos na tumanggap ng mga pagpapala, hindi siya diyos at wala siyang katotohanan, at na tanging isang diyos na maaaring magpahintulot sa kanila na kumilos nang walang pakundangan, agawin ang kapangyarihan sa iglesia, at mamuno bilang mga hari sa hinaharap ang isang diyos. Ito ang lohika ni Satanas—binabaliktad nito ang tama at mali, at binabaluktot ang mga katunayan. Bilang mga mananampalataya sa Diyos, kaya hindi nila masundan ang mga yapak ng Diyos at ayaw nilang gawin ang kanilang tungkulin ay dahil tutol sila sa katotohanan, dahil sa kanilang puso, iginagalang lamang nila ang mga pilosopiya ni Satanas, ang kaalaman, kasikatan, pakinabang, at posisyon. Itinatatwa nila na ang Diyos ay katotohanan, hindi nila binibigyang-pansin ang gawain ng Diyos, at kaya, sa mga pagtitipon, tumitingin sila sa kanilang mga telepono, naglalaro, nagmemeryenda, at kaswal na nakikipagdaldalan—ginagawa nila ang anumang gusto nila at nasisiyahan pa rin sila sa kanilang sarili. Sa sandaling mawasak ang kanilang mga pag-aasam na pagpalain, wala na silang nakikitang kabuluhan sa pananalig sa Diyos, at kapag wala silang nakikitang kabuluhan sa pananalig sa Diyos, itinuturing nila ang iglesia—ang lugar kung saan nagtitipon ang mga kapatid—bilang isang palaruan, itinuturing nilang oras ng paglilibang ang oras ng pagtitipon, at para sa kanila, ang mga pagtitipon at pakikinig sa mga sermon ay nakakasakal, nakakabagot at nakakainip. Ano ang tingin nila sa mga sermon na pinakikinggan ng mga kapatid at sa katotohanan? Itinuturing nila ang mga ito bilang mga islogan, bilang walang batayang kalokohan, at nasasayangan sila sa oras na ginugol sa pakikipagtitipon sa mga kapatid. Hindi ba't nabunyag na ang mga taong ito? Dinadala nila ang kanilang mga ambisyon, mga pagnanais, at mga ilusyon sa kanilang pananalig sa Diyos, at senyales ito na tumutukoy na hindi nila magagawang sumunod sa landas hanggang sa huli, at na hindi sila karapat-dapat kahit sa pagseserbisyo para sa gawain ng Diyos at sa plano ng pamamahala ng Diyos. Hinahamak nila ang mga nakikinig sa sermon at ang mga kapatid na naghahangad sa katotohanan, at higit pa roon, itinatatwa nila ang gawain ng Diyos, ang pag-iral ng Diyos, at ang pag-iral ng katunayan ng gawain ng plano ng pamamahala ng Diyos.

Kapag naiisip ng mga anticristo—ang mga taong iyon na tutol sa katotohanan—na walang idudulot na pakinabang sa kanila ang pananampalataya sa Diyos, nabubunyag

ang kanilang malademonyong mukha. Sa bahay, naglalagay ng kolorete sa mukha ang ilang babaeng anticristo hanggang sa magmukha na silang mga multo. Nagsusuot sila ng anumang nauuso o kaakit-akit para sa kabilang kasarian, at may ilan pa nga na palihim na naglalaro ng mahjong, nagsusugal, at naninigarilyo—ang mga taong ito ay masyadong kakila-kilabot at kasuklam-suklam. Pumupunta sila sa sambahayan ng Diyos nang nagpapanggap, at ano ang nangyayari sa huli? Hindi nila kayang mapanatili ito, hindi ba? Tanging ang katotohanan ang makapagbubunyag sa mga tao, at kung ang isang tao ay hindi nagmamahal sa katotohanan, tutol sa katotohanan, at may malupit na disposisyon, kung gayon ay nakatadhana siyang maging mapanlaban sa katotohanan at hindi na niya magagawang magpatuloy. Kailangan pa bang itiwilag ng iglesia ang mga gayong tao? Kailangan pa ba silang kondenahin ng Diyos? Kailangan pa bang itakwil ng Diyos ang gayong tao? Hindi, hindi talaga sila pinapansin ng Diyos. Para sa Diyos, mga kulisap lang ang mga taong ito, hindi karapat-dapat kahit na maging mga tagapagserbisyo—sadyang hindi sila kalipikado. Kapag mayroon silang napakamapanghamak na saloobin tungkol sa mga pagtitipon, sa buhay iglesia, at sa kanilang tungkulin, ano ang pinatutunayan nito? Hindi sila binabantayan o pinoprotektahan ng Diyos, ni pinangungunahan ng Diyos. Hindi Siya nagsasagawa ng anumang gawain ng pagbibigay-liwanag, pagpapatnubay, o pagdidisiplina sa kanila, kaya't namumuhay sila ng gayong masama at pangit na buhay. Ngunit iniisip nila mismo, “Hindi ako nananampalataya sa diyos; malaya ako. Kayong mga nananampalataya sa diyos, kailangan ninyong magdusa at magbayad ng halaga, talikuran ang inyong pamilya at propesyon, samantalang hindi ko kailangang magdusa ng kahit ano. Puwede akong magtamasa ng kaginhawaan sa bahay, magtamasa sa mga kasiyahan ng laman, at magsaya sa mga kaaliwan ng buhay.” Naniniwala sila na nakamit na nila ang kaligayahan at kalayaan. Pinapansin ba sila ng Diyos? (Hindi.) Bakit hindi? Para sa Diyos, ang mga taong ito ay mga kulisap, hindi mga tao, at hindi karapat-dapat sa Kanyang atensiyon. Kung hindi sila pinapansin ng Diyos, ililigtas pa ba Niya sila? Dahil hindi sila ililigtas ng Diyos, may kinalaman ba sa Diyos ang ginagawa nila? May kaugnayan ba ito sa mga atas administratibo ng sambahayan ng Diyos? Wala. Samakatwid, sa panlabas, mukha silang namumuhay nang labis na maginhawa, malaya, maluwag, at napakasaya araw-araw. Inisip mo ba na magandang bagay iyon? Isang sulyap lang sa kanilang isinasabuhay at sa landas na kanilang sinusundan, at malalaman mo nang ganap nang tapos na sila, na ayaw na ng Diyos sa kanila. Talagang mabaho ang mga kulisap na ito! Talagang hindi pinapansin ng Diyos ang mga gayong tao.

Ang mga taong nagpupunyagi sa abot ng kanilang makakaya na mamuno bilang mga hari at maging kapantay ng Diyos sa mundong darating, anuman ang kapaligiran at sitwasyon, ay mga mapagmatigas na elementong hindi na mababago, na kabilang sa mga anticristo. Ang mga gayong tao ay katulad ni Pablo; may mga tinik sa tagiliran nila, nagkikimkim sila ng mga pagdududa sa Diyos, nilalabanan at pinagbabantaan nila ang Diyos, at lubos silang nag-aatubili kapag gumagawa, gumugugol ng kanilang sarili, nagtitiis ng mga paghihirap, at nagbabayad ng halaga. Ginagawa nila ang mga bagay

na ito para lang ipagpalit sa isang korona at para magawang mamuno bilang mga hari sa mundong darating. Hindi ba't kahabag-habag pakinggan ang mga anticristo dahil sa buong prosesong ito? Sa totoo lang, hindi sila kahabag-habag. Bukod sa hindi sila kahabag-habag, medyo katawa-tawa rin sila. Pagkatapos sabihin ng Diyos ang napakaraming bagay, kung hindi pa rin nila nauunawaan ang katotohanan, kalimutan mo na lang; paanong hindi nila maunawaan ang wika ng tao? Paanong hindi nila maintindihan ang gayon kasimpleng prinsipyo? Kung hindi mo isinasagawa ang katotohanan, hindi mo makakamit ang pagbabago sa disposisyon o ang kaligtasan; at kahit pa nangako sa iyo ang Diyos, hindi mo iyon matatamo. Anumang ipinangako ng Diyos sa tao ay may kondisyon; hindi Siya nangangako nang walang dahilan o mga kondisyon. May mga hinihingi ang Diyos sa tao, at hindi kailanman nagbabago ang mga hinihinging ito. Hindi lalabag ang Diyos sa katotohanan, at hindi rin Niya babaguhin ang Kanyang mga layunin. Kung naintindihan mo ang puntong ito, mapagmatigas ka pa rin bang kakapit sa iyong mga pagnanais at ambisyon? Tanging mga hangal at walang katwiran na tao ang mapagmatigas na kakapit sa mga ganitong bagay. Ang mga taong may normal na pagkamakatwiran at normal na pagkatao ay dapat bumitiw sa mga bagay na ito at maghangad sa nararapat nilang hangarin, tamuhin, at pasukin—dapat muna nilang matugunan ang mga hinihingi ng Diyos. Pangalawa, ano pa ang dapat maunawaan ng mga taong may normal na pagkamakatwiran? May mga propesiya sa Bibliya na nagsasabing mamumuno tayo bilang mga hari kasama ang Diyos magpasawalang hanggan, at sa kasalukuyang gawain ng Diyos, binabanggit din Niya ang persona ng Diyos, mga panganay na anak, mga anak ng Diyos, mga tao ng Diyos, at iba pa, ikinaklasipika ang mga tao sa iba't ibang antas at titulo. Dahil ipinangako ng Diyos ang mga bagay na ito sa tao, bakit hindi hangarin ng mga tao ang mga ito? Kung gayon, ano ang dapat na tamang pagkaarok at tamang pamamaraan? Kung itinuturing ng isang tao bilang mga layon na dapat hangarin ang pamumuno bilang hari at ang mga pangako ng Diyos, ito ba ang tamang landas? Tiyak na hindi; hindi ito positibo, masyado itong nahaluan ng sariling kagustuhan ng tao, at taliwas sa katotohanan ang landas na ito. May ilang tao na nagsasabi, “Dahil ipinangako Mo ito, bakit hindi Mo kami pahintulutang matamo ito? Dahil sinabi Mo ang lahat ng bagay na ito at ipinahayag ang mga ito nang hayagan sa buong sangkatauhan, bakit hindi Mo kami pahintulutang hangarin ito?” Nauugnay ito sa katotohanan; walang sinuman ang nakaunawa nito mula pa sa pinakasimula hanggang ngayon. Sa aling aspekto ng katotohanan ito nauugnay? Kailangan mo itong tingnan sa ganitong paraan: Nangako ang Diyos sa tao, at mula sa Diyos, nalaman ng tao ang ideya ng pamumuno bilang mga hari, pati na rin ang iba't ibang titulo tulad ng “persona ng Diyos,” “mga panganay na anak,” “mga anak ng Diyos,” at iba pa. Gayumpaman, mga titulo lang ito. Tungkol sa kung anong titulo ang nauugnay sa kung sinong mga tao ay nakasalalay sa paghahangad at paggampan ng isang indibidwal. Anumang titulo ang ibinibigay sa iyo ng Lumikha, ganoon ka. Kung hindi ka Niya binibigyan ng titulo, wala ka lang; isang pangako lang ito mula sa Diyos, hindi isang

bagay na may karapatan ang mga tao o na nararapat para sa kanila. Siyempre, ang pangakong ito ay isang layon na ninanais ng mga tao, pero ang layong ito ay hindi ang landas na dapat tahakin ng mga tao, at wala itong kinalaman sa landas na tinatahak ng mga tao. Sino ang may karapatan na magdesisyon sa usaping ito? (Ang Diyos.) Tama, kailangang maunawaan ito ng mga tao. Kung sasabihin ng Diyos na mayroon Siyang ibibigay sa iyo, mayroon ka ng bagay na iyon; kung sinasabi Niyang binabawi Niya ito mula sa iyo, wala kang tinataglay, wala kang anuman. Kung sasabihin mo na, “Hahangarin ko ito kahit na hindi ito ibigay sa akin ng Diyos, at kung ibibigay ito sa akin ng Diyos, siyempre ay tatanggapin ko ito bilang isang bagay na nararapat lang,” mali ito. Bakit mali ito? Lumalabag ito sa isang malaking kabawalan. Hindi mo kinikilala ang katunayan na ang Diyos ay palaging magiging Diyos at ang tao ay palaging magiging tao—ito ang dahilan kung bakit mali ito. May ilang tao na nagsasabi, “Ipinropesiya ito sa Bibliya. Sa maraming lugar, sinasabi sa Bibliya na mamumuno tayo bilang mga hari kasama ang Diyos magpasawalang hanggan. Bakit nasasabi ito ng Diyos pero hindi natin ito maaaring hangarin?” Ito ba ang katwirang dapat taglayin ng isang nilikha? Itinuturing mong mabuting bagay ang pangako ng Diyos sa mga tao na mamuno bilang mga hari at hinahangad mo ito, pero nagsalita na rin ang Diyos tungkol sa mga tagapagserbisyo—naghahangad ka ba na magserbisyo nang maayos para sa Diyos? Naghahangad ka ba na maging isang tagapagserbisyo na pasok sa pamantayan? Hinihingi rin ng Diyos sa mga tao na gawin ang kanilang tungkulin—hinihingi mo ba sa sarili mo na gawin nang maayos ang iyong tungkulin? Hinihingi rin ng Diyos na kumilos ang mga tao bilang mga nilikha, at ano ang ginagawa mo? Itinuturing mo ba na layon mo ang pagiging isang nilikhang pasok sa pamantayan at hahangarin mo ba ito? Ang sinabi ng Diyos na mamumuno ang mga tao bilang mga hari ay pangako Niya sa tao, at may pangunahing saligan at konteksto sa pangakong ito: Dapat kang maging isang mabuting nilikha, gawin mo nang maayos ang tungkulin ng isang nilikha, iwaksi mo ang papel ng pagiging tagapagserbisyo, kamtin mo ang pagpapasakop sa Diyos at pagkatakot sa Lumikha. Sinabi ng Diyos na kapag nakamit ninyo ang lahat ng ito, magagawa ninyo nang mamuno bilang mga hari kasama ang Diyos magpakailanman—ito ang konteksto ng pagkasabi ng mga salitang ito. Walang katwiran ang mga tao. Sa sandaling marinig nila ito, iniisip nila, “Napakabuti na puwede tayong mamuno bilang mga hari kasama ang Diyos! Kailan mangyayari ito? Paano tayo mamumuno bilang mga hari? Paano tayo magiging kapantay ng Diyos? Sino ang mga paghaharian natin? Sino ang mga pamumunuan natin? Paano tayo maghahari? Paano tayo magiging mga hari?” Hindi ba’t walang katwiran ang mga tao? Bagama’t isa itong pangako ng Diyos sa tao, isang bagay na sinabi Niya para marinig ng tao, ipinapaalam sa mga tao na may ganitong kamangha-manghang bagay, dapat mo ring sukatin ang sarili mo—sino ka ba? May ganitong ideya ang Diyos at handa Siyang tulutan ang tao na mamuhay sa ganitong paraan kasama Niya, ngunit kalipikado ka bang makamit ito? Bakit hindi mo itanong sa Diyos, “Bago namin matamo ang pangakong ito, ano ang mga hinihingi Mo sa amin?”

Mayroon Ka bang kailangang ipagawa sa amin? Ano ang kailangan muna naming makamit bago namin matamo ang pangakong ito?” Hindi mo tinatanong ang mga bagay na ito, basta mo na lang itong hinihingi. Hindi ba’t kawalan ito ng katwiran? Walang ganitong uri ng katwiran ang tao. Kapag nakakakita ang mga tao ng isang kapaki-pakinabang na bagay, inaabot nila ito at sinusunggaban. Ang mga tao ay parang mga bandido; kung hindi mo ibibigay sa kanila ang gusto nila, magagalit sila, magiging mapanlaban, at magsisimulang mambatikos nang pasigaw. Hindi ba’t ganito ang mga tao? Ganito ang kababaan ng sangkatauhan.

Ang isang dahilan kung bakit walang katwiran ang tao ay na hindi pa rin nauunawaan ng mga tao ang katotohanan; wala itong kinalaman sa kanilang mga tiwaling disposisyon. Ngunit kapag hindi ibinibigay sa kanila ang gusto nila, nagagalit sila, nagsasalita ng masama, namumuhi, at naghihiganti—ano ito? Ito ang paglitaw ng malademonyong mukha ni Satanas; ito ang kanilang mga satanikong tiwaling disposisyon. Kaya, ukol sa pangako ng Diyos sa sangkatauhan, ang ipinapamalas ng bawat tao sa harap ng Diyos ay hindi nakalulugod sa Kanya. Agad na iniaabot ng mga tao ang kanilang mga kamay, nagnanais, nang hindi alam ang kanilang lugar, agad na humihingi, at kapag hindi nila makuha ang kanilang hinihingi, nagninilay-nilay sila kung ano ang maaari nilang gamitin bilang kapalit nito. Tinatalikuran nila ang kanilang pamilya at propesyon, nagdurusa sila at nagbabayad ng halaga, nagpaparoo’t parito at gumugugol ng kanilang sarili, ipinangangaral nila ang ebanghelyo at nagkakamit sila ng mas maraming tao, nagtatrabaho sila nang higit pa, at ginagamit nila ang mga bagay na ito para ipagpalit sa gusto nila. Kung hindi nila maipagpalit ang mga bagay na ito para sa gusto nila, nagagalit sila nang labis, napupuno ng pagkamuhi ang puso nila, at nagiging tutol sila sa anumang may kinalaman sa pananalig sa Diyos. Kung pakiramdam nila ay maaari nilang ipagpalit ang mga bagay na ito para sa gusto nila, kung gayon ay araw-araw nilang pinananabikan na matapos na agad ang gawain ng Diyos, na mabilis na lipulin ng Diyos si Satanas, na mabilis na tapusin ang sangkatauhan, na mabilis na pababain ang mga kalamidad, kung hindi, pakiramdam nila ay hindi nila makakayang magtagal. Ano ang ibinubunyag ng bawat tao sa presensiya ng katotohanan? Ibinubunyag nila ang mga disposisyon tulad ng pagiging tutol sa katotohanan at pagiging malupit. Kung titingnan ito ngayon, ang kayabangan, panlilinlang, at paminsan-minsang pagiging matigas ng kalooban ng mga tao ay maaaring ituring na banayad at hindi gaanong malubha sa lahat ng tiwaling disposisyon ng sangkatauhan. Ang mga tiwaling disposisyon na higit na taglay ng sangkatauhan, na mas malubha at mas malalim, ay iyong kabuktutan, pagiging tutol sa katotohanan, at pagiging malupit—ito ang mga nakamamatay na elemento sa mga tiwaling disposisyon ng tao. Siyempre, pagdating sa mga anticristo, mas lalong malubha ang mga disposisyong ito, at kapag ibinubunyag nila ang mga ito, hindi nila sineseryoso ang mga ito, hindi nila sinusuri ang mga ito, wala silang nararamdamang anumang pagkakautang sa Diyos, mas lalong hindi nila nararamdaman na mayroon talaga silang anumang problema; hindi nila tinatanggap ang katotohanan, hindi nila kilala ang kanilang

sarili, at lalong hindi posible para sa kanila na magsisi. Samakatwid, anuman ang sitwasyon, ang kapaligiran, o ang konteksto, itinuturing nila ang pamumuno bilang mga hari—ang pinakamatayog at pinakamagandang pangakong naibigkas ng Diyos—bilang kanilang layon na dapat nilang hangarin. Gaano ka man makipagbahaginan sa kanila tungkol sa katotohanan, hindi nila bibitiwan ang paghahangad na ito, sa halip ay igigiit nilang sumunod sa kanilang sariling landas, at dahil dito, hindi sila maliligtas. Sobrang kakila-kilabot ng mga taong ito! Mula sa ibinubunyag ng mga taong ito, makikita mo mismo kung ano ang disposisyon at tunay na mukha ni Satanas. Napakaraming katotohanan na ang napagbahaginan, at iyong mga may katwiran, mga kayang tumanggap sa katotohanan, at may pagnanais na sumunod at magpasakop ay tunay na nakakaunawa kung ano mismo ang layunin ng Diyos. Hindi na sila masidhing naghahangad ng posisyon, kinabukasan, at tadhana, kundi, handa na silang magsisi sa ilalim ng paglalantad ng mga salitang ito ng Diyos, handang bitiwang ang kanilang pagnanais para sa mga pagpapala, hangarin ang katotohanan, magpasakop sa Diyos, at palugurin ang Diyos, at magsikap na tamuhin ang kaligtasan. Kung titingnan ngayon ang mga panloob na pagnanais ng karamihan sa mga tao, nagkaroon ng pangunahing pagbabago ang mga layong hinahangad nila; handa na silang gawin ang kanilang tungkulin sa paraang pasok sa pamantayan, maging mga tunay na nilikha, at matamo ang kaligtasan. Hindi nila ginagawa ang kanilang tungkulin para magkamit ng mga pagpapala, at hindi nila iniraraos ang mga bagay-bagay sa sambahayan ng Diyos alang-alang sa pagkamit ng mga pagpapala. Maliban sa mga anticristo, na palaging gustong mamuno bilang mga hari, karamihan sa mga tao ay handang hangarin ang katotohanan. Ang mga anticristo lang ang nagtuturing sa paghahangad ng kinabukasan, mga pagpapala, at pamumuno bilang mga hari bilang mga layon at bunga na dapat nilang makamit sa huli sa kanilang pananalig sa Diyos. Hindi sila bibitiw sa mga bagay na ito o magbabago ng landas kahit ano pa ang sabihin mo—hindi ba’t nasa malaking problema sila? Alam na alam nila na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan, sadyang hindi lang nila ito tinatanggap, kaya walang makakapagpabago sa kanila; maaari lamang silang itiwalag at parusahan. Ito ang panghuling resulta ng pananampalataya ng mga anticristo sa Diyos.

Malinaw Ko na bang naibahagi ngayon ang usaping ito ng paghahangad ng mga tao na mamuno bilang mga hari? Nagkaroon ba kayo ng bagong pagkaarok? Tama ba ang landas na ito ng paghahangad na mamuno bilang hari? (Hindi.) Kung gayon, paano dapat harapin ng mga tao ang usaping ito? Sa usaping ito, anong katotohanan ang dapat maunawaan para makilala ang diwa ng tao? Ang Diyos na ang bahala sa paghatol kung ano ang tunay na diwa at pag-uugali ng isang tao. Saan ibinabatay ng Diyos ang Kanyang paghatol sa lahat ng ito? Ibinabatay Niya ito sa katotohanan. Kaya, ang kalalabasan o hantungan ng isang tao ay hindi itinatakda ng sarili niyang kalooban, ni hindi ng sarili niyang mga kagustuhan o imahinasyon. Ang Lumikha, ang Diyos, ang may huling salita. Paano dapat makipagtulungan ang mga tao sa usaping ito? May iisang landas lamang na maaaring piliin ang mga tao: Kung hinahanap nila ang

katotohanan, nauunawaan ang katotohanan, sinusunod ang mga salita ng Diyos, kung nakakapagpasakop sila sa Diyos, at nagtatamo ng kaligtasan, saka lang sila magkakaroon sa huli ng magandang katapusan at magandang tadhana. Hindi mahirap isipin ang mga kinabukasan at tadhana ng mga tao kung gagawin nila ang kabaligtaran. Kaya sa bagay na ito, huwag tingnan kung ano ang ipinangako ng Diyos sa tao, kung ano ang sinasabi ng Diyos tungkol sa kalalabasan ng sangkatauhan, kung ano ang inihanda ng Diyos para sa sangkatauhan. Walang kinalaman ang mga ito sa iyo, gawain ang mga ito ng Diyos, hindi matatamo ang mga ito sa pamamagitan ng pag-agaw, paghingi, o pakikipagpalitan para sa mga ito. Bilang isang nilikha, ano ang dapat mong gawin? Dapat mong tuparin ang iyong tungkulin, gawin ang nararapat mong gawin nang buong puso, isip at lakas mo. Ang iba—mga bagay na may kinalaman sa mga kinabukasan at tadhana, at ang kahahantungan ng sangkatauhan sa hinaharap—ang mga ito ay hindi mga bagay na mapagpapasyahan mo, nasa mga kamay ng Diyos ang mga ito; ang lahat ng ito ay nasa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, isinaayos Niya ito at walang kinalaman sa sinumang nilikha. Sinasabi ng ilang tao, “Bakit ito sinasabi sa amin kung wala naman itong kinalaman sa amin?” Bagama’t walang kinalaman ito sa inyo, mayroon itong kinalaman sa Diyos. Ang Diyos lamang ang nakakaalam ng mga bagay na ito, ang Diyos lamang ang makapagsasalita ukol sa mga ito, at ang Diyos lamang ang may karapatang ipangako ang mga bagay na ito sa sangkatauhan. At kung nalalaman ng Diyos ang mga ito, hindi ba dapat magsalita ang Diyos tungkol sa mga ito? Isang pagkakamali na hangarin pa rin ang iyong mga kinabukasan at tadhana kapag hindi mo alam kung ano ang mga ito. Hindi hiningi ng Diyos sa iyo na hangarin ang mga ito, ipinapaalam lamang Niya sa iyo; kung nagkakamali ka ng paniniwalang sinasabi sa iyo ng Diyos na gawin itong layon ng iyong paghahangad, kung gayon, lubos kang walang katwiran, at hindi mo taglay ang isipan ng normal na pagkatao. Sapat nang may kabatiran sa lahat ng ipinapangako ng Diyos. Dapat mong kilalanin ang isang katotohanan: Anumang uri ng pangako ito, mabuti man ito o pangkaraniwan, isa man itong bagay na gusto ng mga tao o isang bagay na hindi sila masyadong interesado, lahat ng ito ay nasa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan, mga pagsasaayos, at mga pagtatakda ng Lumikha. Ang pagsunod at paghahangad lamang ayon sa tamang direksiyon at landas na ipinakita ng Lumikha ang siyang tungkulin at obligasyon ng isang nilikha. Tungkol sa kung ano ang makakamit mo sa huli, at alin sa mga pangako ng Diyos ang may parte ka, nakabatay itong lahat sa iyong paghahangad, sa landas na iyong tinatahak, at sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha. Malinaw na ba sa inyo ang mga salitang ito ngayon? (Oo.) At makatutulong ba ang mga salitang ito na matugunan ang inyong mga ambisyon at pagnanais, o makatutulong ba ang mga ito sa inyo na sumunod sa tamang landas sa buhay para sa paghahangad sa katotohanan? (Makatutulong sa amin ang mga ito na hangarin ang katotohanan at sundan ang tamang landas sa buhay.) Para sa mga nagtataglay ng normal na pagkatao at katwiran, na nagmamahal sa mga positibong bagay at sa katotohanan, bukod sa hindi sila nadidismaya

kapag naririnig nila ang mga salitang ito, nagiging matatag din sila sa kanilang pananalig na hangarin ang katotohanan at tanggapin ang pagliligtas ng Diyos; gayumpaman, ang mga walang normal na pagkamakatwiran, ang mga hindi normal na tao na mapagmatigas na naghahangad ng mga pagpapala, interes ng laman, at katugunan ng kanilang mga ambisyon at pagnanais, ay maaaring mawalan ng kasigasigan kapag narinig nila ang mga salitang ito, at mawalan ng interes sa pananampalataya sa Diyos. Siyempre, mayroon ding ilang tao na hindi alam kung paano manampalataya kapag narinig nila ang mga salitang ito. Hindi ba't napakahalaga para sa mga tao na maunawaan ang katotohanan? Hindi ba't mas naaakay ng katotohanan ang mga tao na sumunod sa tamang landas at palugurin ang Diyos? (Oo.) Tanging ang katotohanan ang makakapagbigay-daan sa mga tao na matamo ang kaligtasan; kung hindi mo nauunawaan ang katotohanan, madalas kang maliligaw, magkakamali, at magdurusa ng mga kawalan kapag nasa landas patungong kaligtasan, at kapag umabot ka na sa dulo ng landas sa iyong pananalig, hindi ka talaga magtataglay ng anumang katotohanang realidad at ikaw ay lubusang magiging isang tagapagserbisyo. Kung sa lahat ng taon ng pananampalataya mo sa Diyos ay ginagampanan mo ang papel ng isang tagapagserbisyo at hindi mo magawang maging isang nilikhang pasok sa pamantayan sa huli, kung gayon ay isa iyong trahedya.

Mayo 9, 2020

**Ikasiyam na Aytem: Ginagawa Nila ang Kanilang
Tungkulin Para Lang Maging Tanyag Sila at
Maisakatuparan ang Kanilang Sariling mga Interes
at Ambisyon; Hindi Nila Kailanman Isinasaalang-alang
ang mga Interes ng Sambahayan ng Diyos,
at Ipinagkakanulo Pa nga ang mga Interes na Iyon,
Ipinagpapalit ang mga Iyon Para sa Kanilang
Personal na Kaluwalhatian (Ikasampung Bahagi)**

II. Ang mga Interes ng mga Anticristo

D. Ang Kanilang mga Kinabukasan at Tadhana

Anong paksa ang pinagbahaginan natin noong huli nating pagtitipon? (Nagbahagi ang Diyos tungkol sa mga paraan kung paano tinatrato ng mga anticristo ang titulong “tagapagserbisyo.” Una, nagbahagi ang Diyos kung paano binibigyang-kahulugan ng Diyos ang titulong “tagapagserbisyo.” Nagbahagi rin ang Diyos tungkol sa pagkakaiba ng isang taong iniwan na ang kalagayan ng isang tagapagserbisyo at ng isang taong nananatili pa ring tagapagserbisyo, at panghuli ay naghimay ang Diyos ng mga pananaw at paghahangad ng mga anticristo ukol sa titulong “tagapagserbisyo.”) Kaya, ano ang pananaw at saloobin ng mga anticristo sa titulong “tagapagserbisyo”? Ano ang sinasabi at ginagawa nila? (Ang saloobin ng mga anticristo sa titulong “tagapagserbisyo” ay isang pagtangga at pagkasuklam. Hindi nila tinatanggap ang titulo kahit kanino pa ito galing, at naniniwala silang nakakababa ng dangal ang pagiging tagapagserbisyo. Naniniwala silang hindi binigyang-kahulugan ng Diyos ang mga tagapagserbisyo batay sa diwa ng sangkatauhan, kundi sa halip ay hinahamon at kinukutya ng Diyos ang pagkakakilanlan at halaga ng tao.) (Sinasabi ng mga anticristo ang sikat na pariralang ito: “Hindi ako magpapakapagod nang walang nakakakita habang ang iba ay nakakakuha ng atensyon.” Gusto lang ng mga anticristo na magserbisyo sa kanila ang iba at iniisip nilang nakakahiyang gawain ang magserbisyo sa Diyos, kaya kapag napagtatanto nilang sila mismo ay mga tagapagserbisyo, ayaw na nilang ipagpatuloy ang pagseserbisyo sa sambahayan ng Diyos at sa halip ay nagsisimula silang maghanap ng paraan para makaiwas, at nagdudulot pa nga sila ng mga pagkagambala at kaguluhan, at gagawa ng mga mapanirang bagay.) Batay sa saloobin ng mga anticristo ukol sa titulong “tagapagserbisyo,” ano ang nakikita nating diwa nila? (Ang diwa nila ay isang diwang mapanlaban sa Diyos at namumuhi sa katotohanan.) At ano ang disposisyong ito, kapag ang diwa nila ay isang diwang mapanlaban sa Diyos at sa katotohanan? (Isa itong buktot at malupit na disposisyon.) Tama, isa itong buktot at malupit na disposisyon. Ano ang unang motibasyon at intensyon ng mga anticristo sa pananampalataya nila sa Diyos? Ano ang gusto nilang makamit? Ano ang mga ambisyon at pagnanais nila? Dumarating

ba sila para maging mga tagapagserbisyo? Dumarating ba sila batay sa saloobin ng pagiging mabuting tao at pagsunod sa tamang landas sa pamamagitan ng pananampalataya sa Diyos? (Hindi.) Kaya ano ang dahilan ng pagdating nila? Para mas tumpak, dumarating sila para sa mga pagpapala, at para maging partikular, naghahangad silang mamuno bilang mga hari, mamuno bilang mga hari kasama ng Diyos, at naghahangad sila ng matatayog at mga dakilang bagay. Kaya, kapag sinasabi ng Diyos na mga tagapagserbisyo ang mga tao, ganap itong salungat at taliwas sa mga ambisyon at pagnanais ng mga anticristo na maghangad ng mga pagpapala at mamuno bilang mga hari, iba ito sa mga inaasahan nila, at hindi nila kailanman naisip na bibigyan ng Diyos ng ganitong titulo ang mga tao. Hindi matanggap ng mga anticristo ang katunayang ito. At anong mga bagay ang kaya nilang gawin kapag hindi nila matanggap ang katunayang ito? Naghahangad ba silang matanggap ang katunayang ito at mabago ang sarili nila? Hindi sila naghahangad na matanggap ang katunayang ito, ni naghahangad na mabago ang mga ambisyon at disposisyon nila. Samakatwid, kapag nasabihan sila na sila ay mga tagapagserbisyo at naalis ang intensyon at pagnanais nilang magtamo ng mga pagpapala, hindi na sila makapanindigan sa iglesia. Sa sandaling mapagtanto nila ang katotohanan at malaman na ang mga taong tulad nila na may ganoong mga pagpapamalas ay mga tagapagserbisyo, tuluyan na silang nawawalan ng pag-asa at ibinubunyag nila ang tunay nilang kulay. Hindi sila naghahangad na mabago ang sitwasyon nila bilang mga tagapagserbisyo, ni naghahangad na mabago ang maling saloobin at pananaw nila ukol sa titulong “mga tagapagserbisyo” at sundan ang landas ng paghahangad ng katotohanan. Kaya, kahit ano pang mga pagsasaayos ang gawin ng Diyos, ang ganoong mga tao ay hindi magpapasakop o tatanggap ng mga iyon, at hindi nila hahanapin ang katotohanan. Sa halip, pinipilit nilang mag-isip ng paraan ng tao para maalisan sa kanila ang titulong ito, at ginagawa nila ang lahat para maiwaksi ang pagkakakilanlang ito. Batay sa pagpapamalas na ito na ipinapakita ng mga anticristo, sagad sa kailaliman ng pagkatao ng mga anticristo ang pagtutol nila sa katotohanan. Hindi nila minamahal ang katotohanan, hindi nila tinatanggap ang katotohanan, at may sarili silang mga ideya at kuru-kuro tungkol sa katotohanan, pero hindi sa normal na paraan. Sa halip, sa kaibuturan ng mga puso nila ay nakakaramdam sila ng matinding pagtutol, pagkamuhi, at maging pagkamapanlaban sa mga positibong bagay at sa katotohanan—ito ang diwa ng mga anticristo.

Mula sa mga sagot ninyo ngayon lang, nakikita Kong hindi ninyo naibuod ang nilalaman ng bawat pagbabahagin, at pagkatapos ay hindi kayo nagdasal-nagbasa o nagnilay. Noong nakaraan ay nagbahagin tayo tungkol sa tatlong pangunahing aspekto: Ang una ay ang pagtukoy kung ano ang mga tagapagserbisyo; ang ikalawa ay ang mga paraan kung paano tinatrato ng mga anticristo ang titulong “tagapagserbisyo” o, para maging partikular, kung ano talaga ang mga pagpapamalas at pag-uugali ng pag-ayaw nila na maging mga tagapagserbisyo, at kung ano talaga ang mga dahilan sa likod niyon; at ang ikatlo ay kung ano ang intensyon ng mga anticristo sapagkat ayaw

nilang maging mga tagapagserbisyo, ibig sabihin, ano ang gusto nilang gawin, ano ang mga ambisyon nila, at ano ang pakay nila sa pananampalataya sa Diyos. Sa madaling salita, pinagbahaginan natin ang tungkol sa nakapaloob na paksang “ang mga paraan kung paano tinatrato ng mga anticristo ang titulong ‘tagapagserbisyo’” mula sa tatlong aspektong ito, at sa pamamagitan ng tatlong aspektong ito ay hinimay natin ang iba’t ibang pagsasagawa at pag-uugaling ginagamit ng mga anticristo sa pagtrato nila sa titulong “tagapagserbisyo,” pati na ang mga kaisipan at pananaw nila tungkol dito. Hindi ninyo pinagninilayan ang nilalaman ng bawat pagbabahaginan pagkatapos ninyo itong mapakinggan. Panandalian lang ninyong natatandaan ang mga bagay na ito, pero kung mahabang panahon ang lilipas, ni hindi ninyo matatandaan ang mga bagay na ito. Kung gusto ninyong maunawaan at makamit ang katotohanan, dapat kayong magsumikap sa puso ninyo at madalas na magdasal-magbasa at magnilay—nasa puso ninyo dapat ang mga bagay na ito. Kung hindi, kung hindi mo isasapuso ang mga bagay na ito at hindi magsisikap, at hindi mo iisipin ang mga bagay na ito sa puso mo, wala kang anumang makakamtan. Sinasabi ng ilang tao, “Napakalayo sa akin ng usapin ng mga anticristo. Hindi ko balak na maging isang anticristo at hindi ako isang masamang tao na gaya nila. Buong-pagtalima na lang akong magiging pinaka-walang-halagang tao, at ayos lang iyon sa akin. Gagawin ko ang anumang ipapagawa sa akin at hindi ko susundan ang landas ng isang anticristo. Bukod pa rito, kahit na may kaunti akong disposisyon ng anticristo, unti-unti ko itong babaguhin sa paglipas ng panahon, at karaniwang tiwaling disposisyon lang iyon at hindi ganoon kalala. Walang saysay na pakinggan ito.” Tama ba ang pananaw na ito? (Hindi.) Bakit hindi? Kung gustong matamo ng isang tao ang pagbabago sa disposisyon, pinakamahalaga ay dapat niyang maarok kung anong mga kalagayan, kaisipan, at pananaw ang puwedeng mabuo mula sa mga tiwaling disposisyon niya sa lahat ng uri ng sitwasyon. Sa pamamagitan lamang ng pag-arok sa mga bagay na ito niya malalaman kung ano ang sarili niyang mga tiwaling disposisyon, kung sa anong mga aspekto niya nilalabanan ang Diyos at sinasalungat ang katotohanan, at kung anong mga bagay sa loob niya ang kumontra sa katotohanan; sa sandaling malaman niya ang mga bagay na ito, malulutas na niya ang mga problema at tiwaling disposisyong ito, at magkakamit na siya ng pagpasok sa katotohanang realidad. Kung wala kang pag-arok sa iba’t ibang tiwaling disposisyon na nabubunyag o sa iba’t ibang kalagayang puwedeng lumitaw sa iba’t ibang sitwasyon, at wala kang pag-arok sa mga paraan kung paano sinasalungat ng mga bagay na ito ang katotohanan o kung saan nagmumula ang mga problema, paano mo malulutas ang mga problemang ito kung ganoon? Kung gusto mong malutas ang mga problemang ito, dapat mo munang maarok kung nasaan ang pinagmumulan ng mga ito, kung ano ang mga kalagayan ng mga ito, kung saan lumilitaw ang mga partikular na problema, at pagkatapos ay simulan mong lutasin kung paano ka papasok dito. Sa ganitong paraan, isa-isang malulutas ang mga tiwaling disposisyon mo at ang iba’t ibang kalagayang lumilitaw. Tila hindi pa masyadong maliwanag sa inyo ang tungkol sa pagpasok sa katotohanang realidad o sa paglutas sa

mga tiwaling disposisyon at pagkakamit ng pagbabago sa disposisyon; wala pa rin kayo sa tamang landas.

5. Kung Paano Hinaharap ng mga Anticristo ang Katayuan Nila sa Iglesia

Ngayon, pagbabahaginan natin ang huling paksa tungkol sa mga interes ng mga anticristo: kung paano hinaharap ng mga anticristo ang katayuan nila sa iglesia. Pagdating sa katayuan nila sa iglesia, kung anong mga pagpapamalas ang ipinapakita ng mga anticristo, kung ano ang mga ginagawa nila, at kung ano ang mga pananaw at disposisyong diwa nila kapag ginagawa nila ang mga bagay na iyon—hahatiin natin ang mga ito sa tatlong aspekto at isa-isang hihimayin ang mga ito. Ang unang aspekto ay “nang may pagkukunwari,” ang ikalawa ay “nang may pagpapanggap,” at ang ikatlo ay “sa pamamagitan ng pangingibabaw sa lahat.” Ang bawat isa sa tatlong aspektong ito ay isinulat sa kaunting salita at maituturing na pinaikli, pero marami sa iba’t ibang kilos, pagpapamalas, at pahayag ng mga anticristo, pati na sa mga saloobin at disposisyon nila ang nakapaloob sa bawat isa. Pag-isipan na ninyo ngayon kung bakit Ko binigyang-kahulugan ang tatlong aspektong ito para pagbahaginan bilang paksa ngayong araw. Paano ninyo binigyang-kahulugan sa mga isip ninyo ang paksang kung paano hinaharap ng mga anticristo ang katayuan nila sa iglesia pagkatapos ninyo itong basahin? Ano ang mga naging ideya ninyo? Ang tumatakbo sa isip ng karamihan ng tao ay walang dudang ang paniniil ng mga anticristo, ang paggiit nila ng katayuan, ang pagkuha nila sa loob ng mga tao, at ang pag-agaw nila ng kapangyarihan sa iglesia, ibig sabihin, palagi nilang gustong maging mga opisyal, igiit ang katayuan nila, hawakan ang kapangyarihan, at kontrolin ang mga tao—sa madaling salita, ito ang mga bagay na iniisip ng mga tao. Ito ay medyo halatang mga aspektong madalas ipinapamalas ng mga anticristo sa iglesia, kaya bukod sa mga ito, ano pa ang ibang pagpapamalas na hindi nakikita ng mga tao? Ano pa ang ginagawa ng mga anticristo para may matibay silang mapanghawakan sa iglesia, para magkamit ng katayuan at mataas na katanyagan at para makakuha pa nga ng kapangyarihan at makontrol ang mas maraming tao? Ano pa ang ibang pagpapamalas nila? Ang mga bagay na ito ay ang mga mas mapanlihis, lihim na mapanira, at pailalim na paraan at diskarteng ginagamit ng mga anticristo, at puwede ring ang mga hindi nalalamang kaisipan at nakatagong intensyon at mithiin sa kaibuturan ng mga puso nila, tama ba? Kaya, isa-isa nating pagbahaginan ang tungkol sa mga ito.

a. Nang may Pagkukunwari

Ang unang aspekto ay “nang may pagkukunwari.” Ang literal na kahulugan ng salitang “pagkukunwari” ay madaling unawain at malinaw na hindi ito kapuri-puri. Kapag sinasabing ang isang tao ay magaling sa pagkukunwari, na ang lahat ng ginagawa niya ay pagkukunwari, na ang lahat ng ginagawa niya ay di-maaarok ng iba, at mababaw lang siyang kumikilos at nakikipag-usap sa iba, kung ganoon, ang isang taong kumikilos at umaasal sa ganoong paraan ay paniguradong isang napakamapanlinlang na tao. Hindi siya matapat na tao, at hindi siya isang simple, taong totoo, kundi sa halip ay napakagaling

niya sa pagmamanihula ng isip, tuso siya, at napakagaling niya sa panlilinlang sa iba. Ito ang pinakapangunahing pagkaunawa sa salitang “pagkukunwari.” Kaya, kung ganoon ay ano ang kaugnayan sa pagitan ng pag-uugali at mga kilos ng mga anticristo at ng ganitong uri ng pag-uugali? Ano ang ginagawa nila na nagpapakitang may diwa sila ng pagkukunwari? Ano ba talaga ang balak nila sa pagkukunwari? Ano ba talaga ang intensyon nila? Bakit kailangan nilang magkunwari? Malapit ang kaugnayan ng mga bagay na ito sa paksang pagbabahaginan natin ngayon.

Ang mga anticristo ay mga taong ayaw mapag-iwanan ng iba. Ayaw nilang dumepende sa iba, ayaw nilang tumanggap ng mga utos, tagubilin, at atas ng ibang tao, at ayaw nilang maging karaniwan at hamakin ng iba. Sa halip, mga tao silang nagnanais ng katanyagan, na maging mataas ang tingin sa kanila ng iba, at labis silang pahalagahan ng iba. Bukod dito, sa iglesia at sa ibang tao, lalo pa nilang gustong maging mga taong nag-uutos at nagtatagubilin sa iba na gumawa ng mga bagay para sa kanila. Gusto nilang ipatupad ang kagustuhan nila sa pamamagitan ng sarili nilang katanyagan, impluwensiya, at ng kapangyarihang hawak nila, at ayaw nilang maging mga karaniwang taong puwedeng utus-utusan at tagubilinan ng sinuman na gumawa ng mga bagay-bagay. Ito ang mga paghahangad at pagnanais ng mga anticristo sa gitna ng ibang tao. Lubos na sensitibo ang mga anticristo pagdating sa katayuan nila sa ibang tao. Kapag nasa isang grupo, hindi sila naniniwalang may anumang kabuluhan ang edad at pisikal na kalusugan nila. Ang pinaniniwalaan nilang mahalaga ay kung ano ang tingin sa kanila ng karamihan, kung binibigyan ba sila ng oras at lugar ng karamihan sa pananalita at kilos nila, kung mataas ba o pangkaraniwan ang katayuan at posisyon nila sa mga puso ng karamihan, kung mataas ba o pangkaraniwan o hindi espesyal ang tingin sa kanila ng karamihan, at iba pa; kung ano ang palagay ng karamihan sa mga kredensiyal nila sa pananalig sa Diyos, kung gaano kabigat ang mga salita nila sa mga tao, ibig sabihin, kung gaano karaming tao ang sumasang-ayon sa kanila, kung gaano karaming tao ang pumupuri sa kanila, nagpapakita sa kanila ng pagsuporta, nakikinig nang mabuti sa kanila, at isinasapuso ang mga sinasabi nila; higit pa rito, kung ang tingin sa kanila ng karamihan ay may malakas o mahinang pananalig, kung gaano sila kadeterminadong magtiis ng pagdurusa, kung gaano kalaki ang isinasakripisyo at iginugugol nila, kung ano ang mga kontribusyon nila sa sambahayan ng Diyos, kung mataas ba o mababa ang katungkulang hawak nila sa sambahayan ng Diyos, kung ano na ang dati nilang pinagdusahan, at kung anong mahahalagang bagay ang nagawa nila—pinakapinahahalagahan nila ang mga bagay na ito. Madalas na inuuri ng mga anticristo ang posisyon at pagkakasunod-sunod sa isip nila, madalas nilang ikinukumpara kung sino ang may pinakamaraming kaloob sa iglesia, kung sino ang pinakamahusay magsalita at magaling magpahayag sa iglesia, kung sino ang magaling sa mga propesyonal na kasanayan at pinakamaalam sa teknolohiya. Habang pinagkukumpara nila ang mga bagay na ito, palagi silang nagsusumikap na mag-aral ng iba’t ibang propesyonal na kasanayan, nagsisikap na maging maalam at may kadalubhasaan sa mga ito.

Pangunahing pinagtutuonan ng pansin ng mga anticristo ang pagsusumikap sa pagbibigay ng mga sermon at kung paano ipapaliwanag ang mga salita ng Diyos sa paraang nakakapagpasikat sila at nakukumbinsi ang iba na tingnan sila nang mataas. Habang pinagsisikapan nila ito, hindi nila hinahanap kung paano maunawaan ang katotohanan o kung paano makapasok sa katotohanang realidad, kundi sa halip ay pinag-iisipan nila kung paano matatandaan ang mga salitang ito, kung paano nila maipapangalandakan ang mga kalakasan nila sa mas marami pang tao, para mas marami pang tao ang makaalam na talagang pambihira sila, na hindi sila basta mga karaniwang tao, na may kapabilidad sila, at na mas mataas sila kaysa sa mga karaniwang tao. Taglay ang ganitong uri ng mga ideya, intensyon, at pananaw, namumuhay ang mga anticristo na gumagawa ng lahat ng uri ng iba't ibang bagay kasama ang mga tao. Dahil taglay nila ang mga pananaw na ito, at dahil taglay nila ang mga paghahangad at ambisyong ito, hindi nila maiwasang magdulot ng magagandang pag-uugali, mga tamang pahayag, at lahat ng uri ng mabubuting kilos, malalaki at maliliit. Ang mga pag-uugali at kilos na ito ay nagdudulot sa mga taong walang espirituwal na pang-unawa, na hindi talaga naghahangad ng katotohanan at nakatuon lang sa pagkakaroon ng magandang pag-uugali, na mainggit at humanga sa mga anticristo, at tumulad at sumunod pa nga sa kanila, at sa ganitong paraan, natutupad ang pakay ng mga anticristo. Kapag may ganoong mga intensyon at ambisyon ang mga anticristo, paano sila umaasal? Ito ang pagbabahaginan natin ngayon. Isa itong paksang karapat-dapat na pagbahaginan, at higit pa rito, isa itong paksa na karapat-dapat na pagtuonan ng pansin at alamin ng bawat isa sa inyo.

Ang mga anticristo ay tutol sa katotohanan, hindi talaga nila tinatanggap ang katotohanan—na malinaw na nagpapakita ng isang katunayan: Hindi kailanman kumikilos ang mga anticristo ayon sa mga katotohanang prinsipyo, hindi nila kailanman isinasagawa ang katotohanan—na siyang pinakalantarang pagpapamalas ng isang anticristo. Bukod sa reputasyon at katayuan, at sa pagiging pinagpala at ginagantimpalaan, isa pang bagay na hinahangad nila ay ang magtamasa ng mga kaginhawahan ng laman at ng mga pakinabang ng katayuan; at dahil dito, natural na nagsasanhi sila ng mga pagkagambala at kaguluhan. Ipinapakita ng mga katunayang ito na ang kanilang hinahangad, at ang pag-uugali at mga pagpapamalas nila ay hindi minamahal ng Diyos. At ang mga ito ay tiyak na hindi ang mga kilos at pag-uugali ng mga taong naghahangad ng katotohanan. Halimbawa, ang ilang anticristo na katulad ni Pablo ay may determinasyong magdusa kapag ginagawa nila ang kanilang tungkulin, kaya nilang magpuyat buong gabi at hindi kumain kapag ginagawa ang kanilang gawain, kaya nilang supilin ang sarili nilang katawan, kaya nilang malampasan ang anumang sakit at kawalan ng kaginhawahan. At ano ang pakay nila sa paggawa ng lahat ng ito? Ang ipakita sa lahat na kaya nilang isantabi ang kanilang sarili—na magpakasakit—pagdating sa atas ng Diyos; na para sa kanila, ang mayroon lamang ay tungkulin. Ipinapakita nila ang lahat ng ito sa harap ng ibang mga tao. Kapag may mga tao sa paligid, hindi sila nagpapahinga kahit kailangan na, sadya pa ngang pinahahaba ang oras nila sa gawain, gumigising nang maaga at

natutulog nang gabing-gabi na. Ngunit kumusta naman ang kahusayan sa gawain at pagiging epektibo ng kanilang tungkulin kapag nagpapagod nang ganito ang mga anticristo mula umaga hanggang gabi? Ang mga bagay na ito ay hindi saklaw ng kanilang mga pagsasaalang-alang. Sinisikap lamang nilang gawin ang lahat ng ito sa harap ng iba, para makita ng ibang mga tao na nagdurusa sila, at makita kung paano sila gumugugol para sa Diyos nang hindi iniisip ang kanilang sarili. Tungkol naman sa kung ang tungkuling ginagampanan nila at ang gawaing ginagawa nila ay isinasagawa ayon sa mga katotohanang prinsipyo, hindi nila talaga pinag-iisipan ito. Ang tanging iniisip nila ay kung nakita ba ng lahat ang mabuting ugaling ipinapakita nila, kung batid ba ito ng lahat, kung nag-iwan ba sila ng impresyon sa lahat, at kung magbubunsod ba ang impresyong ito na hangaan at sang-ayunan sila, kung sasang-ayunan ba sila ng mga taong ito kahit hindi nila alam at pupurihin sila sa pagsasabing, “Kaya talaga nilang tiisin ang hirap, hindi mapapantayan ng sinuman sa atin ang kanilang pagtitiis at pambihirang pagtitiyaga. Ito ay isang taong naghahangad ng katotohanan, na nagagawang magdusa at magtiis ng mabigat na pasanin, isa siyang haligi sa iglesia.” Kapag naririnig ito, nasisiyahan ang mga anticristo. Iniisip nila sa kanilang puso, “Napakamautak ko na nagkunwari ako nang gayon, napakatalino ko na ginawa ko ito! Alam ko na panlabas lamang ang titingnan ng lahat, at gusto nila ang mabubuting pag-uugaling ito. Alam ko na kung kikilos ako nang ganito, matatamo nito ang pagsang-ayon ng mga tao, magiging dahilan ito para aprubahan nila ako, hahangaan nila ako sa kaibuturan ng kanilang puso dahil dito, magiging mas positibo ang tingin nila sa akin, at hindi na ako kailanman hahamakin ng sinuman. At kung dumating ang araw na matuklasan ng ang itaas na hindi ako gumagawa ng tunay na gawain at tanggalin ako, siguradong maraming taong magtatanggol sa akin, iiyak para sa akin, at hihimukin akong manatili, at magsasalita alang-alang sa akin.” Palihim silang nagagalak sa huwad nilang pag-uugali—at hindi ba nagpapakita rin ang kagalakang ito ng kalikasang diwa ng isang anticristo? At ano ang diwang ito? (Kabuktutan.) Tama iyan—ito ang diwa ng kabuktutan. Dahil pinangingibabawan nitong diwa ng kabuktutan, nagdudulot ang mga anticristo ng kalagayan ng pagiging kampante at paghanga sa sarili na nagdudulot sa kanilang lihim na magprotesta at lumaban sa Diyos sa mga puso nila. Sa panlabas, tila nagbabayad sila ng malaking halaga at matinding pagdurusa ang tinitiiis ng laman nila, pero talaga bang isinasaalang-alang nila ang pasanin ng Diyos? Tunay ba nilang ginugugol ang sarili nila para sa Diyos? Kaya ba nilang gawin nang tapat ang tungkulin nila? Hindi, hindi nila kaya. Sa puso nila, palihim silang nakikipagkompetensiya sa Diyos, nag-iisip na, “Hindi ba sinabi mong hindi ko taglay ang katotohanan? Hindi ba sinabi mong may mga tiwaling disposisyon ako? Hindi ba sinabi mong mapagmataas at palalo ako, at na sinusubukan kong magtatag ng sarili kong kaharian? Hindi ba sinabi mong wala akong espirituwal na pang-unawa, na hindi ko nauunawaan ang katotohanan, kaya isa akong tagapagserbisyo? Ipapakita ko sa iyo kung paano ako magserbisyo, at kung ano ang iisipin sa akin ng mga kapatid kapag nagserbisyo ako nang ganito at kumilos ako nang

ganito. Ipapakita ko sa iyo kung kaya ko o hindi na makuha ang paghanga ng mas marami pang tao sa pamamagitan ng pagkilos nang ganito. At isang araw, kapag gusto mo akong paalisin at kondenahin, tingnan ko kung paano mo talaga magagawa iyon!” Sa ganitong paraan nakikipagkompetensiya sa Diyos ang mga anticristo sa puso nila at sinusubukan nilang palitan ang paghahangad sa katotohanan ng mabubuting pag-uugaling ito. Sa paggawa nito, sinusubukan nilang pawalang-saysay ang praktikal na epekto ng paggawa ng Diyos at pamumuno Niya sa mga tao na isagawa ang katotohanan para magtamo sila ng pagbabago sa disposisyon. Sa diwa, ginagamit nila ang interpretasyong ito para pawalang-saysay at kondenahin ang gawain ng Diyos ng pagliligtas sa tao sa pamamagitan ng paghatol at pagkastigo, at naniniwala silang mali at hindi epektibong hatulan ng Diyos ang mga tao. Ang mga ideya at pananaw na ito ng mga anticristo ay buktot, lihim na mapanira, lumalaban sa Diyos, at salungat sa Diyos. Kapag hindi sila tahasang kinokondena ng Diyos, nagsisimula silang makipagkompetensiya sa Diyos sa puso nila; kapag hindi sila inilalantad ng Diyos at hindi Niya kinokondena ang pag-uugali nila, nagsisimula silang gumamit ng pagkukunwari upang ilihis ang iba at makuha ang loob ng mga tao para itatwa ang mga salita ng Diyos at itatwa ang katunayang tanging ang paghahangad sa katotohanan ang puwedeng magdulot ng pagbabago sa disposisyon at ng katugunan ng mga layunin ng Diyos. Hindi ba ito ang diwa ng interpretasyon nila? Hindi ba may buktot na disposisyon ang mga anticristo? Sa likod ng pagdurusa nila, nagkikimkim sila ng ganoong mga ambisyon at adulterasyon, at iyon ang dahilan kung bakit kinasusuklanan ng Diyos ang ganoong mga tao at ganoong disposisyon. Gayumpaman, hindi kailanman nakikita o kinikilala ng mga anticristo ang katunayang ito. Pinagmamasdan ng Diyos ang kaibuturan ng puso ng tao, samantalang nakikita lang ng tao ang panlabas na anyo ng tao—ang pinakamalaking kahangalan tungkol sa mga anticristo ay na hindi nila kinikilala ang katunayang ito, ni nakikita ito. Kaya ginagawa nila ang lahat ng kanilang makakaya upang gamitin ang magandang pag-uugali para ipakita ang kanilang sarili at gawing kaakit-akit para isipin ng iba na kaya nilang magdusa at magtiis ng paghihirap, magtiis ng pagdurusa na hindi kaya ng mga karaniwang tao, gumawa ng gawaing hindi kaya ng mga karaniwang tao, para isipin ng iba na matitibay sila, na kaya nilang supilin ang sarili nilang katawan, at hindi nila isinasaalang-alang ang sarili nilang mga makalamang interes o kasiyahan. Kung minsan ay sadya pa nga nilang isusuot ang mga damit nila hanggang sa medyo dumumi na ang mga ito at hindi lalabhan ang mga ito, hindi lalabhan ang mga ito kahit na magsimula nang mamaho; ginagawa nila ang anumang magdudulot sa ibang tao na sumamba sa kanila. Habang mas madalas silang nasa harap ng iba, lalo nilang ginagawa ang lahat para magpapansin nang makita ng iba na naiiba sila sa mga karaniwang tao, na ang pagnanais nilang gugulin ang sarili nila para sa Diyos ay mas malaki kaysa sa mga karaniwang tao, na ang determinasyon nilang magdusa ay mas matindi kaysa sa mga karaniwang tao, at na ang tibay nila sa pagtitiis ng pagdurusa ay mas matindi kaysa sa mga karaniwang tao. Nagdudulot ang mga anticristo ng

ganoong mga pag-uugali sa ganitong mga uri ng sitwasyon, at nasa likod ng mga pag-uugaling ito ang pagnanais sa kaibuturan ng puso ng mga anticristo na sambahin sila at maging mataas ang tingin sa kanila ng mga tao. At kapag naisakatuparan na nila ang layon nila, kapag narinig na nila ang mga papuri ng mga tao, at kapag nakita na nilang kinainggitan na sila ng mga tao, hinahangaan na sila, at may mapagpahalagang tingin sa kanila, saka sila nasisiyahan at nakokontento sa mga puso nila.

Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng panlabas na mabuting pag-uugali ng mga anticristo ng pagtitiis ng pagdurusang at pagbabayad ng halaga at sa tunay na pagsasaalang-alang sa mga layunin ng Diyos, pagiging tapat, at taos-pusong paggugol ng sarili para sa Diyos? (Magkaiba ang intensyon. Ang mga taong tunay na gumugugol ng sarili nila para sa Diyos ay tumutuon sa paghahanap ng mga prinsipyo, sa mga resulta ng gawain, at sa pagiging epektibo sa gawain. Ang mga anticristo ay tila gumugugol ng sarili para sa Diyos sa panlabas, pero ito ay para lang mahikayat ang iba na tumaas ang tingin sa kanila. Hindi talaga nila isinasaalang-alang ang pagiging epektibo ng gawain o ang mga resulta ng gawain.) Tama iyan, may pagkakaiba sa intensiyon, motibasyon, at pinagmumulan ng pananalita at mga kilos nila—talagang magkaiba ito. Ang mga taong nagtitiis ng pagdurusang katulad nila at naghahangad ng katotohanan ay naghahanap ng mga prinsipyo sa panahon ng pagdurusang ito. Kahit paano, ipinapakita ng paghahanap sa mga prinsipyo na may mentalidad sila ng pagpapasakop; hindi nila sinusubukang gawin ang sarili nilang mga bagay o sinusubukang gumawa ng mga bagay para sa sarili nila, mayroon silang pagpapasakop at may-takot-sa-Diyos na puso sa mga kilos nila, at napakalinaw nilang nalalaman na ginagawa nila ang tungkulin nila at hindi sila nakikibahagi sa proyekto ng tao. Bagaman tila nagtitiis din ng pagdurusang ang mga anticristo, basta na lang nilang ginagawa ito at nagpapanggap para makita ng mga tao; hindi nila hinahanap ang mga katotohanang prinsipyo, wala silang pagpapasakop o may-takot-sa-Diyos na puso sa mga kilos nila, hindi namumuhay sa harapan ng Diyos ang mga puso nila, at sinusubukan nilang gamitin ang ganoong pag-uugali at mga pagpapamalas para makuha ang loob ng mga tao at magpalakas sa mga tao. May pagkakaiba rito, hindi ba? Batay sa diwa ng pag-uugali ng mga anticristo, masasabi ba nating isang pagkukunwari ang pagtitiis nila ng pagdurusang? (Oo.) Sapat na ito para patunayang ang pag-uugali at pagpapamalas nila ng pagtitiis ng pagdurusang ay paggawa lang nang pabasta-basta at nagpapanggap para makita ng mga tao—hindi sila kumikilos sa harapan ng Diyos. Isang aspekto ito. Ang isa pang aspekto ay na wala nang mas bihasa sa pagkukunwari at panlilinlang kaysa sa mga anticristo—kaya napakagaling nilang makibagay, at madalas silang gumamit ng mga partikular na tusong paraan upang ilihis at linlangin ang mga tao para maisakatuparan ang mga layunin nilang hikayatin ang mga tao na sambahin sila. Dito sila pinakamagaling, nasa kaibuturan nila ito, likas nilang taglay ang tuso at pabago-bagong diwang ito. Halimbawa, may ilang anticristong tila napakabait at napakamapagpakumbaba ng mga salita at pag-uugali, na hindi kailanman naglalantad ng mga kahinaan ng iba, na marunong makibagay, na hindi

madaling manghusga o magkondena ng iba, na kapag negatibo at mahina ang mga tao ay agad na nag-aabot ng tulong. Pinapalabas nila na mabuting-loob at mabait sila, isang mabuting tao. Kapag nasa kagipitan ang mga tao, minsan ay tumutulong sila gamit ang mga salita, at minsan gamit ang ilang kilos; may mga pagkakataon pa ngang nagbibigay sila ng kaunting pera o materyal na bagay para tulungan sila. Sa panlabas, tila mabuti ang mga kilos nila. Sa isipan ng karamihan sa mga tao, ganito ang uri ng taong gusto nilang makilala at makasalamuha; hindi magiging banta o manggugulo sa kanila ang ganitong mga tao, at makakakuha sila ng malaking tulong mula sa mga ito—ng materyal o mental na tulong halimbawa, maging ng tulong sa mas matataas na espirituwal na teorya, at iba pa. Sa panlabas, walang ginagawang masama ang ganoong mga tao: Hindi sila nanggagambala o nanggugulo sa iglesia, at tila nagdadala sila ng pagkakasundo sa anumang grupong kinabibilangan nila; sa ilalim ng pamamalakad at pagpapagitna nila, tila masaya ang lahat, nagkakasundo ang mga tao, at walang mga pag-aaway o mga alitan. Kapag naroon sila, nararamdaman ng lahat kung gaano kabuti ang kanilang pagkakasundo-sundo, kung gaano sila kalapit sa isa't isa. Kapag wala sila, nagsisimulang magtsismisan ang ilang tao, nagtatakwilan sa isa't isa, nagkakainggitan at nagtatalo sa bagay-bagay; tumitigil lang ang lahat sa pagtatalo kapag kasama nila ang mga anticristong ito at nananawagan ng kapayapaan. Tila napakagaling ng mga anticristong ito sa gawain nila, pero may isang bagay na nagpapakita kung ano talaga ang pakay nila: Ang lahat ng tinuturuan at pinamumunuan nila ay nakakabigkas ng mga salita at doktrina, kaya nilang lahat magmataas at magsermon sa iba, marunong silang lahat mambola ng mga tao at manuyo sa mga ito, kaya nilang maging tuso at mapanlinlang, alam nila kung ano ang sasabihin sa iba't ibang tao, nagiging mapagpalugod sila ng mga tao, at sa panlabas, tila payapang-payapa sila. Ano na ang kinahinatnan ng iglesia dahil sa mga anticristong ito? Naging relihiyosong organisasyon na ito. At ang resulta? Namumuhay ang mga tao ayon sa satanikong pilosopiya nila, at ayaw na nilang hangarin ang katotohanan, at walang buhay pagpasok, at tuluyan nang nawala sa kanila ang gawain ng Banal na Espiritu. Sa ganitong paraan nagdudulot ng pinsala ang mga anticristo sa mga kapatid at inaakay sila sa kapahamakan—pero iniisip pa rin nilang malaki ang naging ambag nila, na nakagawa sila ng mga dakilang bagay para sa mga kapatid, at nakapagbigay sa kanila ng malalaking pagpapala. Madalas nilang turuan ang mga kapatid na maging mapagpakumbaba at mapagpasensya, na maging mapagparaya at mapagmalasakit kapag nakikita nilang may problema ang isang kapatid, na huwag maging magaspang magsalita o mapanakit sa iba, at tinuturuan nila ang iba kung ano ang postura kapag nakaupo o nakatayo o kung anong mga damit ang isusuot. Ang madalas nilang ituro sa mga kapatid ay hindi kung paano unawain ang katotohanan o pumasok sa katotohanang realidad, kundi kung paano sumunod sa mga patakaran at umasal nang maayos. Sa ilalim ng pagtuturo nila, ang mga pakikisalamuha ng mga tao ay hindi nakabatay sa mga salita ng Diyos, hindi sa mga katotohanang prinsipyo, kundi sa isang pilosopiya para sa mga makamundong pakikitungo ng pagiging

isang mapagpalugod ng tao. Sa panlabas, walang nananakit sa isa't isa, walang nagbabanggit ng mga kapintasan ng iba, pero walang nagsasabi sa sinuman kung ano talaga ang iniisip nila, at hindi sila nagbubukas-loob at nagbabahagi ng katiwalian, paghihimagsik, mga pagkukulang, at mga pagsalangsang nila. Sa halip, sa isang mababaw na antas, dumadaldal sila tungkol sa kung sino ang nagdusa at nagbayad ng halaga, kung sino ang naging tapat sa paggawa ng tungkulin nila, kung sino ang naging kapaki-pakinabang sa mga kapatid, kung sino ang nakagawa ng malalaking kontribusyon sa sambahayan ng Diyos, kung sino ang naaresto at nasentensiyahan dahil sa pangangaral ng ebanghelyo—iyon lang ang pinag-uusapan nila. Hindi lang magandang pag-uugali ang ginagamit ng mga anticristo—ang pagiging tila mapagpakumbaba, mapagpasensya, mapagparaya, at matulungin—para iprisinta ang kanilang sarili at magkunwari; sinusubukan din nilang magpakita ng personal na halimbawa para hawahan ang iba ng magandang pag-uugaling ito, at hikayatin silang tularan ito. Ang pakay sa likod ng magandang pag-uugali nila ay walang iba kundi ang pagtuunan sila ng pansin ng mga tao, ang mapataas ang tingin sa kanila ng mga tao. Kapag tinatalakay ng mga hinirang ng Diyos ang pagkakilala nila sa sarili at hinihimay ang sariling mga tiwaling disposisyon, sila naman ay nananahimik, at walang anumang pagtatangkang himayin ang sarili nilang katiwalian. Kapag isinisiwalat at pinupungusan ng mga kapatid ang mga pagbubunyag ng katiwalian ng isa't isa, ang mga anticristo lang ang nagpapakita ng pagpapakumbaba, pagpapasensiya, at pagpaparaya sa lahat; hindi nila isinisiwalat ang katiwaliang ibinubunyag ng sinuman, at binabati at pinupuri pa nga nila ang mga kapatid dahil sa magandang pag-uugali ng mga ito, at sa kanilang pagbabago; ginagampanan nila ang papel ng mga mapagpalugod ng mga tao, nagkukunwaring mapagmahal, mapagmalasakit, mapagparaya, at mapagpalubag-loob. Ito ang mga pagpapamalas ng labis na pagiging bihasa ng mga anticristo sa pagkukunwari at panlilinlang at panlilihing ng mga tao.

Kung titingnan, parang napakabait, edukado, at kagalang-galang ng mga salita ng mga anticristo. Kahit sino pa ang lumabag sa prinsipyo o gumambala at gumulo sa gawain ng iglesia, hindi inilalantad o pinupuna ng mga anticristo ang mga taong ito; nagbubulag-bulagan sila, hinahayaan ang mga tao na isiping mapagbigay sila sa lahat ng bagay. Anumang mga katiwaliang ipinapakita ng mga tao o masasamang gawa nila, maunawain at mapagparaya ang mga anticristo. Hindi sila nagagalit, o nagwawala, hindi sila maiinis at maninisi ng mga tao kapag gumagawa ang mga ito ng mali at pumipinsala sa mga interes ng sambahayan ng Diyos. Sinuman ang gumagawa ng masama at nanggugulo sa gawain ng iglesia, hindi nila pinapansin, na para bang wala itong kinalaman sa kanila, at hindang-hindi nila pasasamain ang loob ng mga tao dahil dito. Ano ba ang ipinag-aalala nang husto ng mga anticristo? Kung ilang tao ang mataas ang tingin sa kanila, at kung ilang tao ang nakakakita sa kanila kapag nagdurusa sila, at pumupuri sa kanila dahil dito. Naniniwala ang mga anticristo na ang pagdurusa ay hindang-hindi dapat walang kapalit; anumang paghihirap ang kanilang tinitii, anumang halaga ang kanilang binabayaran, anumang mabubuting gawa ang kanilang ginagawa,

gaano man sila mapagmalasakit, maalalahanin, at mapagmahal sa iba, dapat isagawa ang lahat ng ito sa harap ng iba para mas maraming tao ang makakita nito. At ano ang pakay nila sa pagkilos nang ganito? Upang makuha ang loob ng mga tao, upang mapasang-ayon ang mas maraming tao sa kanilang mga kilos, sa kanilang asal, at sa kanilang karakter sa puso ng mga ito, inaaprubahan sila. May mga anticristo pa nga na nagsisikap magtatag ng isang imahe ng kanilang sarili bilang “isang mabuting tao” sa pamamagitan ng panlabas na mabuting pag-uugaling ito, para mas maraming tao ang lumapit sa kanila para humingi ng tulong. Halimbawa, nagiging mahina ang isang tao at naniniwala siya na karamihan sa mga tao ay walang pagmamahal, na napakamakasarili nila, at ayaw nilang tumulong sa iba at hindi sila magiliw, at pagkatapos ay naiisip niya ang “mabuting tao” na iyon na sa katunayan ay isang anticristo. O, nakakaranas ng isang paghihirap ang isang tao sa kanyang gawain at hindi niya alam kung paano ito lulutasin. Wala siyang maisip na sinumang makakatulong, at ang unang taong naiisip niya ay ang “mabuting tao” na ito na sa katunayan ay isang anticristo. Ayaw nang gawin ng isang tao ang tungkulin niya, nais niyang hangarin ang mundo, hangarin ang kapangyarihan at kayamanan, at mamuhay ayon sa gusto niya, at bagama’t nagiging sobrang negatibo at mahina, hindi siya nagdarasal sa Diyos o nakikipagbahaginan sa sinuman, at sa sitwasyong ito, naiisip niya ang “mabuting tao” na iyon na sa katunayan ay isang anticristo. Habang nagpapatuloy ang mga bagay sa ganitong paraan, hindi na nagdarasal sa Diyos ang mga taong ito o nagbabasa ng mga salita ng Diyos kapag sila ay nahaharap sa mga isyu, sa halip, nais nilang umasa sa “mabuting tao” na ito na sa katunayan ay isang anticristo para tulungan sila. Binubuksan lamang nila ang kanilang puso at sinasabi kung ano ang nasa puso nila sa taong ito na mapagpalugod ng tao, hinihiling sa taong ito na lutasin ang mga suliranin nila; kinikilala at sinusunod nila ang anticristong ito. At hindi ba’t natamo na, kung gayon, ang pakay ng anticristo? Kapag natamo ng anticristo ang kanyang pakay, hindi ba’t nagiging mas mataas ang katayuan niya sa iglesia kaysa sa ng mga ordinaryong tao? At kapag maaari siyang maging numero uno at maging isang bigating tao sa iglesia, talaga bang nasisiyahan siya? Hindi, hindi siya nasisiyahan. Anong pakay ang nais niyang makamit? Nais niyang mas marami pang tao ang sumang-ayon sa kanya, pahalagahan siya, at sumamba sa kanya, na magkaroon siya ng puwang sa puso ng mga tao, at lalo na ang tingalain siya ng mga tao, umasa sa kanya, at sumunod sa kanya kapag nahaharap ang mga tao sa mga suliranin sa pananalig nila sa Diyos at walang mapupuntahan. Mas higit na malubha ito kaysa sa pagnanais ng anticristo na maging numero uno at maging bigating tao sa iglesia. Anong napakalubha rito? (Nakikipagtagisan sila sa Diyos para magkaroon ng puwang sa puso ng mga tao. Gusto nilang direktang palitan ang Diyos.) (Mahirap kilatisin ang mga ganitong tao. Gumagamit sila ng panlabas na magandang pag-uugali para ilihis ang iba, na nagiging dahilan para hindi na hanapin ng iba ang katotohanan sa mga salita ng Diyos o magbahagi tungkol sa katotohanan kapag may problema sila, kundi sa halip ay umasa at tumingala sa mga anticristong ito, ipinapalutas sa mga anticristo ang mga problema

nila at itinuturing ang mga salita ng mga anticristo bilang ang katotohanan, na nagiging sanhi ng lalo pang paglayo nila mula sa Diyos. Isa itong mas mapanira at mapaminsalang pamamaraan.) Tama, naunawaan at nasabi ninyong lahat ang mahalagang punto, na ang mga anticristo ay humahawak ng posisyon at nag-uugat sa puso ng mga tao at nais nilang palitan ang Diyos. May isang nagsasabi, “Kapag hinahanap ko ang Diyos, hindi ko Siya mahanap; hindi ko Siya makita. Kapag hinahanap ko ang mga salita ng Diyos, sobrang kapal ng libro, napakaraming salita, at mahirap makahanap ng mga sagot. Pero kung lalapit ako sa taong ito, agad akong nakakakuha ng mga sagot; parehong magaan at kapaki-pakinabang ito.” Kita mo, dahil sa mga kilos niya, hindi lamang siya sinasamba ng mga tao sa puso nila, kundi binibigyan din siya ng puwang sa puso nila. Gusto niyang pumalit sa puwang ng Diyos—ito ang pakay ng anticristo sa paggawa ng mga bagay na ito. Maliwanag na sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay na ito, nakamit na ng anticristo ang paunang tagumpay; may puwang na ang anticristong ito sa puso ng mga taong hindi nakakakilatis, at may mga taong sumasamba at tumitingala na sa kanya. Ito ang pakay na nais makamit ng anticristo. Kung ang isang tao ay may problema at nananalangin sa Diyos sa halip na maghanap sa anticristo, hindi nasisiyahan ang anticristo, at iniisip niya na, “Bakit palagi kang lumalapit sa diyos? Bakit palagi mong iniisip ang diyos? Bakit hindi mo ako nakikita o naiisip? Lubos akong mapagpakumbaba at mapagpasensiya, kaya kong talikuran ang mga bagay-bagay at igugol ang sarili ko nang labis, at nagbibigay ako sa kawanggawa, kaya bakit hindi ka sa akin lumalapit? Napakarami kong tulong sa iyo. Bakit wala ka man lang konsensiya?” Nalulungkot at nababalisa ang anticristong ito at nagagalit siya—nagagalit sa taong iyon at sa Diyos. Para makamit ang pinakapakay niya, ipinagpapatuloy niya ang pagkukunwari, patuloy siyang nagbibigay sa kawanggawa at nananatiling mapagpasensiya at mapagparaya, nagpapakita siya ng kababaang loob, nagsasalita siya ng may kabutihan, hindi niya sinasaktan kailanman ang iba, at madalas siyang nagbibigay ng ginhawa kapag sinusubukan ng mga tao na kilalanin ang sarili nila. May isang taong nagsasabing: “Mapaghimagsik ako; isa akong diyablo at isang Satanas.” Sumasagot siya: “Hindi ka diyablo o isang Satanas. Maliit na problema lang ito. Huwag mong masyadong ibaba ang sarili mo at huwag maliitin ang sarili mo. Itinaas tayo ng diyos; hindi tayo mga ordinaryong tao, at hindi mo dapat maliitin ang sarili mo. Mas mabuti ka kaysa sa akin; mas tiwali ako kaysa sa iyo. Kung isa kang diyablo, ako ay isang masamang diyablo. Kung isa kang masamang diyablo, kung gayon, dapat akong bumaba sa impiyerno at masadlak sa perdisyon.” Ganito niya tulungan ang mga tao. Kung may isang taong umamin na nagdulot siya ng kawalan sa mga interes ng sambahayan ng Diyos o sa gawain ng iglesia, sinasabi ng anticristo sa taong ito: “Hindi naman malaking bagay na magdulot ng kawalan sa gawain ng iglesia habang ginagawa ang tungkulin mo at ang medyo pagkaligaw. Dati na akong nakapagdulot ng mas malalaking kawalan kaysa sa iyo at natahak ko ang mas higit pang mga baluktot na landas. Baguhin mo lang kung paano mo ginagawa ang mga bagay-bagay sa hinaharap, hindi ito problema. Kung pakiramdam mo

ay hindi ito makayanan ng konsensiya mo, may pera ako at babayaran ko ang kawalan para sa iyo, kaya huwag ka nang mabahala. Kung mayroon kang anumang problema sa hinaharap, lumapit ka lang sa akin at gagawin ko ang lahat para matulungan ka, at kung anuman ang kaya kong gawin, gagawin ko agad.” Ang anticristo ay may ganitong pakiramdam ng “personal na katapatan,” pero para saan ba talaga niya ito ginagawa? Talaga bang tinutulungan ka niya? Pinipinsala ka niya, dinadala ka sa kapahamakan—nahulog ka sa tukso ni Satanas. Naghuhukay siya ng butas para sa iyo, at tumalon ka naman agad; nahulog ka sa patibong at iniisip mo pa rin na maganda roon, at napinsala ka ng anticristong ito nang hindi mo man lang namamalayan—anong kahangalan ito! Ganito tratuhin, ilihis, at pinsalain ni Satanas at ng mga anticristo ang mga tao. Sabi ng anticristo: “Ayos lang kung isasaalang-alang mo nang kaunti ang mga interes ng sambahayan ng diyos at maging maingat ka na lang sa hinaharap. Maaaring itama ang bagay na ito, walang sinumang gagawa nito nang sinasadya. Sino sa atin ang maaaring maging perpektong tao? Walang sinuman sa atin ang perpekto; lahat tayo ay tiwali. Dati akong mas masahol kaysa sa iyo. Hikayatin natin ang isa’t isa sa hinaharap. Bukod pa rito, kahit na nakaranas ng ilang kawalan ang sambahayan ng diyos, hindi ito tatandaan ng diyos. Lubos na mapagpatawad at mapagparaya ang diyos sa tao. Kung kaya nating magpakita ng pagpaparaya sa isa’t isa, hindi ba’t mas lalong kaya ng diyos na magtiis? Kung sasabihin ng diyos na hindi niya tatandaan ang mga pagsalangsang natin, kung gayon, wala na tayong anumang pagsalangsang.” Gaano man kalaking pagkakamali ang magawa ng isang tao, binabalewala lang ito ng anticristo gamit ang isang biro at pinapalampas, ipinapakita kung gaano kalaki ang puso niya, at kung gaano siya may mabuting kalooban, kadakila, at kamapagparaya. Sa kabaligtaran, dahil dito, maling pinaniniwalaan ng mga tao na palaging inilalantad ng Diyos ang mga tao sa Kanyang mga pagbigkas, palaging ginagawan ng isyu ang tungkol sa mga tiwaling disposisyon ng mga tao, at palaging hinahanapan ng mali ang mga tao. Kung sumalangsang o naghimagsik ang isang tao, pinupungusan siya, hinahatulan, at kinakastigo ng Diyos, na para bang wala Siyang pagsasaalang-alang sa mga tao. Gayumpaman, kayang magparaya at patawarin ng anticristo ang mga tao sa lahat ng sitwasyon; napakadakila at kagalang-galang nila. Hindi ba’t totoo ito? May ilan ding anticristo na nagsasabing, “May ganitong kasabihan ang mga walang pananampalataya: ‘Sa isang malaking sambahayang may maraming ari-arian, walang halaga ang kaunting nasayang.’ Napakalaki ng sambahayan ng diyos, at nagbibigay ang diyos ng masaganang pagpapala. Hindi malaking bagay na mag-aksaya nang kaunti; napakarami nang ipinagkakaloob ng diyos sa atin. Hindi ba’t marami na tayong naaksaya? At ano ang ginawa ng diyos sa atin? Hindi ba’t tiniis lang ng diyos ang lahat ng iyon? Mahina at tiwali ang tao, at matagal na itong nakita ng diyos, kaya kung nakita na niya ito, bakit hindi niya tayo pinarurusahan? Pinatutunayan nito na ang diyos ay mapagpasensiya at maawain!” Anong klaseng pananalita ito? Gumagamit sila ng mga salitang parang tama at naaayon sa mga kurukuro ng mga tao para ilihis ang mga tao at itulak sila sa tukso, para guluhin ang pananaw

nila at iligaw sila, at para magkamali sila sa pagkaunawa sa Diyos, nang sa gayon ay hindi sila magkaroon ng kahit katiting na pagnanais o kagustuhang magpasakop sa Kanya. Sa pang-uudyok, panlilihis at panliligaw ng mga anticristo, tuluyang nawawalan ang mga tao ng konsensiya, at lahat sila ay nagsisimulang sumunod at magpasakop sa mga anticristo.

Ang mga anticristo ay partikular na sanay magkunwari kapag kasama ng ibang tao. Katulad ng mga Pariseo, sa panlabas ay mukha silang napakamapagparaya sa mga tao at mapagpasensiya, mapagpakumbaba at mabait—tila masyado silang maluwag at mapagparaya sa lahat ng tao. Kapag humaharap sa mga problema, lagi nilang ipinapakita kung gaano sila kamapagparaya sa mga tao mula sa katayuan nila, at sa bawat aspekto, mukha silang may magandang kalooban at may malawak na pag-iisip, hindi naghahanap ng mali sa iba, at nagpapakita sa mga tao kung gaano sila karangal at kabait. Sa katunayan, may ganito ba talagang taglay na mga diwa ang mga anticristo? Tinatrato nila ang iba nang may kabaitan, mapagparaya sila sa mga tao, at kaya nilang tumulong sa mga tao sa lahat ng sitwasyon, ngunit ano ang nakatago nilang motibo sa paggawa ng mga bagay na ito? Gagawin pa rin ba nila ang mga bagay na ito kung hindi nila sinusubukang makuha ang loob at ang pabor ng mga tao? Ganito ba talaga ang mga anticristo kapag walang nakakakita? Ganito ba talaga sila kapag kasama ng ibang tao—mapagpakumbaba at mapagpasensiya, mapagparaya sa iba, at tumutulong sa iba nang may pagmamahal? Nagtataglay ba sila ng ganitong diwa at disposisyon? Ganito ba ang karakter nila? Talagang hindi. Pagkukunwari ang lahat ng ginagawa nila at ginagawa ang mga ito upang ilihis ang mga tao at makuha ang pabor ng mga tao, nang sa gayon ay mas marami pang tao ang magkaroon ng magandang impresyon sa mga anticristo sa puso ng mga ito, at nang sa gayon ay sila ang unang iisipin at hihingan ng tulong ng mga tao kapag may problema. Para makamit ang pakay na ito, sadyang nagpapakana ang mga anticristo para magpakitang-gilas sa harap ng iba, para magsabi at gumawa ng mga tamang bagay. Bago sila magsalita, walang nakakaalam kung ilang beses nilang sinasala o pinoproseso ang mga salita nila sa kanilang isipan. Sadya silang magpapakana at pipigain nila ang kanilang utak, pag-iisipan ang kanilang salita, ekspresyon, tono, boses, at maging ang tingin na ipinupukol nila sa mga tao at ang tono ng kanilang pagsasalita. Pag-iisipan nila kung sino ang kausap nila, kung matanda ba o bata ang taong iyon, kung mas mataas ba o mas mababa ang katayuan ng taong iyon kaysa sa kanila, kung pinapahalagahan ba sila ng taong iyon, kung lihim bang may sama ng loob sa kanila ang taong iyon, kung ang personalidad ba ng taong iyon ay katugma ng sa kanila, kung ano ang tungkuling ginagawa ng taong iyon, at kung ano ang posisyon nito sa iglesia at sa puso ng mga kapatid nito. Maingat nilang oobserbahan at buong-atensiyon na pag-iisipan ang mga bagay na ito, at kapag napag-isipan na nila ang mga ito, nakakaisip sila ng mga paraan kung paano tratuhin ang iba't ibang uri ng mga tao. Anuman ang paraan ng pagtrato ng mga anticristo sa iba't ibang uri ng mga tao, ang tanging pakay nila ay ang mahimok ang mga tao na pahalagahan sila, na hindi na sila

ituring bilang mga kapantay, bagkus ay tingalain sila, para mas marami pang tao ang humanga at tumingala sa kanila kapag nagsasalita sila, tangkilikin at sundin sila kapag may ginagawa sila, at ipawalang-sala at ipagtanggol sila kapag nagkamali sila, at mahimok ang mas maraming tao na makipaglaban para sa kanila, magreklamo nang matindi para sa kanila, at manindigan para makipagtalo sa Diyos at salungatin Siya kapag sila ay ibinunyag at itinakwil. Kapag nawawalan sila ng kapangyarihan, nagagawa nilang magkaroon ng napakaraming tao na tutulong, magpapahayag ng suporta, at magtatanggol sa kanila, na nagpapakita na ang katayuan at kapangyarihan na sadyang binalak na linangin ng mga anticristo sa iglesia ay malalim nang nag-ugat sa puso ng mga tao, at na hindi nasayang ang kanilang “masisidhing pagsisikap.”

Nagsisikap ang mga anticristo na pamahalaan at harapin ang kanilang katayuan, katanyagan, reputasyon, at awtoridad sa mga tao sa abot ng makakaya nila—hindi sila magpapakatamad, hindi sila magiging malambot ang puso, at lalong hindi sila magiging pabaya. Inoobserbahan nila ang ekspresyon sa mga mata ng bawat isa, ang mga personalidad ng mga ito, ang mga pang-araw-araw na nakagawiang gawain, ang mga paghahangad, ang mga saloobin sa mga positibo at negatibong bagay ng mga taong ito, at higit pa rito ay inoobserbahan nila ang pananalig at katapatan ng bawat isa sa pananampalataya ng mga ito sa Diyos, pati na rin ang saloobin ng mga taong ito tungkol sa paggugol ng sarili para sa Diyos at sa pagtupad ng mga tungkulin nila, at iba pa—nagsisikap sila nang husto para sa mga bagay na ito. Kaya, batay sa saloobin nila, umiiwas sila at binabantayan nila ang kanilang sarili laban sa mga taong naghahangad ng katotohanan at kayang kumilatis sa kanila, at nagsasalita at kumikilos nang maingat kapag kasama ang mga ganitong tao. Kapag kasama nila ang mga taong medyo may mahihinang personalidad, na madalas negatibo at hindi nakakaunawa sa katotohanan, at ilang tao na hangal at may mahinang pagkaarok sa katotohanan, madalas nilang ginagawa ang lahat ng kanilang makakaya para ipakita ang sarili nila, palaging nagpapakitang-gilas na parang isang palabas sa sirkus at sinasamantala ang bawat pagkakataon para magpakitang-gilas. Halimbawa, kapag nasa mga pagtitipon, karamihan sa mga tao ay sumasang-ayon sa kanila, may iilang tao na nasusuklam sa kanila, at mas marami pang tao ang hindi makakilatis sa kanila, kaya nagsisimula silang magpakitang-gilas at maghanap ng mga oportunidad para magbahagi. Nagbabahagi sila tungkol sa sarili nilang mga karanasan, sa kanilang nakaraang “maluwalhating kasaysayan,” sa meritong nakamit nila sa sambahayan ng Diyos, at pati sa kung paano sila pinahalagahan at personal na pinungusan ng ang Itaas—hindi nila kayang palampasin ang kahit isang pagkakataong gaya nito. Kahit sino ang kasama nila o ano ang okasyon, iisa lang talaga ang ginagawa ng mga anticristo: Sila ay nagpapakitang-gilas; ibig sabihin, nagpapasikat lang sila. Ito ang diwa ng mga anticristo: Sila ay tutol sa katotohanan, buktot, at walang kahihiyan. Hanggang saan sila nagpapakitang-gilas? Marahil ay nasaksihan na ninyo mismo ang ilan. Ang ilan sa kanila ay malinaw na nakikitang nagpapakitang-gilas, nagmamayabang, kinukuha ang loob ng mga tao, at sinasamantala ang mga pagkakataong mahikayat ang

iba na pahalagahan sila. Kinamumuhian sila ng ilang tao, hindi sila pinapansin ng ilan, at kinukutya pa nga sila, ngunit wala silang pakialam. Ano ba ang inaalala nila? Ang inaalala nila ay kung ang kanilang pagpapakitang-gilas ay mag-iiwan ng malalim na impresyon sa mga tao, kung maipapakita ba nito sa mga tao kung paano sila naglalakas-loob na magsabi ng mga bagay-bagay, na mayroon silang tapang, estilo ng pamumuno, talento sa pamumuno, tapang para hindi mataranta sa harap ng lahat, at higit sa lahat, ang abilidad na pangasiwaan ang mga bagay-bagay nang hindi natataranta. Nasisiyahan sila kapag naipapaunawa at naipapakita nila sa mga tao ang mga bagay na ito, at iyon ang dahilan kung bakit ginagawa nila ang lahat ng makakaya nila para magpakitang-gilas sa sandaling magkaroon sila ng pagkakataon, at ginagawa nila ito nang walang pagpipigil, walang anumang alinlangan, at walang anumang kahihiyan. Ito ang ginagawa ng mga anticristo. Kapag palagi Akong nagbabahagi tungkol sa pangunahing paksa sa mga pagtitipon, may ilang tao na inaantok habang nakikinig sa Akin. O kaya naman, kapag nagbabahagi Ako tungkol sa pangunahing paksa, may ibang mga bagay pa rin sa isipan ng mga tao at hindi madali para sa kanila na bigyang-pansin ang sinasabi Ko. Sa mga sitwasyong gaya nito, nakikipagkuwentuhan Ako nang kaunti, nagbabahagi ng isang kuwento o ng isang biro. Ang mga bagay at mga kuwentong ito ay karaniwang may kinalaman sa ilang tiwaling disposisyon at kalagayang ipinapakita ng mga tao sa buhay nila. Gumagamit Ako ng mga kuwento o biro para gisingin nang kaunti ang mga tao upang mas makaunawa sila. Kapag nakikita ito ng mga anticristo, iniisip nila, “Nagbibiro ka sa mga sermon mo sa mga pagtitipon. Kaya ko rin iyon, magaling din ako tulad mo. Gagawa lang ako ng walang kuwentang biro at patatawanin ang lahat, at matutuwa silang lahat dito—ang galing, diba! Kaswal lang akong magkukuwento, at pagkatapos ay wala nang magkakagustong dumalo sa mga pagtitipon, gugustuhin na lamang nilang marinig ang mga kuwento ko.” Nakikipagkompetensiya sila sa Akin tungkol dito. May saysay ba sa pakikipagkompetensiya nila sa Akin tungkol dito? Bakit Ako nagsasalaysay ng mga kuwento? Bakit Ako nakikipagkuwentuhan? Maiintindihan ng mga tao ang ilang bagay mula sa Aking pakikipag-usap at mga kuwento, at nakakatulong ito sa kanila na maunawaan ang katotohanan sa magandang paraan—ito ang Aking layon. Gayumpaman, sinasamantala ito ng mga anticristo at sinusubukang makinabang dito, sinasabing, “Sa mga pagtitipon, sa oras na napakahalaga at makabuluhan, nakikipagkuwentuhan ka lang, kaya gagawin ko rin iyon.” Pareho ba palagi ang pakikipagkuwentuhan? Ang mga anticristo, ang mga basurang ito, ay hindi man lang nakakaunawa sa katotohanan, kaya ano ang mapapala sa pakikipagkuwentuhan nila? Ano ang mapapala sa kanilang mga kuwento o biro? Masyadong mababaw at kaswal ang pagtrato ng mga halimaw na ito na walang espirituwal na pang-unawa sa mga seryosong bagay tulad ng pagbabahagi ng katotohanan at pagkukuwento. Anong uri ng mga tao ang gumagawa nito? Mga anticristo, mga taong walang espirituwal na pang-unawa, at ang mga taong hindi naghahangad ng katotohanan ay mahilig gumawa ng mga ganitong bagay.

Ang mga mata ng mga kapatid, ang mga mata ng karamihan sa mga tao, ay halos hindi makapansin ng anumang pagkakamali sa mga kilos ng pagkukunwari ng mga anticristo. Bakit ganito? Ito ay dahil pinagtatakpan at itinatago ng mga anticristo ang mga pagkakamali nila at hindi ka nila hahayaang makita ang mga ito; itinatago nila ang kanilang buktot na parte, ang kanilang imoral na parte, at ang kanilang masamang parte sa likod ng mga nakasarang pinto. Nasaan nga ba itong “sa likod ng mga nakasarang pinto”? Ito ang mga lugar na hindi mo nakikita, ibig sabihin, sa kanilang tahanan, sa lipunan, sa kanilang trabaho, sa harap ng kanilang mga kamag-anak at kaibigan; ito ang mga lugar na hindi mo nakikita o nakakatagpo. Ang mga salita at kilos nila na nakikita at nararanasan mo ay ganap na ang parte nila na nagkukunwari, ang parte nila na kanila nang pinaganda. Ang parte nila na hindi mo nakikita ay ang tunay na diwa nila, ang kanilang tunay na mukha. At ano ang kanilang tunay na mukha? Kapag kasama ang pamilya nilang walang pananampalataya, sinasabi nila ang iba’t ibang uri ng masasamang salita—mga reklamo, mga mapaghinakit na salita, at mga salitang mapanlaban sa iba, mga salitang humuhusga at kumokondena sa mga kapatid, mga reklamo tungkol sa pagiging hindi matuwid ng sambahayan ng Diyos—sinasabi nila ang lahat ng ito, walang itinitirang kahit ano, at hindi nagpipigil kahit kaunti. Kapag kasama ang kanilang mga kamag-anak at kaibigan, pinag-uusapan nila ang sekular na mundo at pinagtsitsismisan nila ang pamilya ng ibang tao, sumasali sila sa lahat ng sekular na aktibidad ng mga walang pananampalataya, at aktibo pa ngang nakikilahok sa mga kasalan at libing. Nakikipagtsismisan sila sa mga walang pananampalataya, hinuhusgahan at isinusumpa nila ang iba, nagpapakalat sila ng mga walang batayang tsismis tungkol sa mga tao at naninira sa mga ito nang patalikod—sinasabi nila ang lahat ng bagay na ito. Kapag kasama ang mga walang pananampalataya, habang nakikitungo sa ibang tao, nanloloko sila ng mga tao, bumubuo ng mga pangkat, nambabatikos ng mga tao, at sa lugar ng trabaho, kaya nilang idiin ang iba, isumbong ang iba, at yurakan ang iba para makakuha ng mas mataas na posisyon—kaya rin nilang gawin ang lahat ng ito. Kapag kasama ang kanilang mga pamilya o ang mga walang pananampalataya, hindi sila mapagpasensiya, mapagparaya, o mapagpakumbaba, kundi sa halip ay lubusan nilang ipinapakita ang tunay na kulay nila. Sa sambahayan ng Diyos, sila ay mga lobong nakadamit-tupa, at kapag kasama nila ang mga walang pananampalataya, mga taong hindi nananampalataya sa Diyos, ipinapakita nila ang lobong mukha nila para makita ng lahat; nakikipaglaban sila sa mga walang pananampalataya para sa mga interes nila, para sa isang salita, para sa isang kasabihan, at walang humpay na makikipagtalo sa mga walang pananampalataya para sa pinakamaliit na interes hanggang sa pamulahan sila ng kanilang mukha. Kung wala silang nakakamit na kapakinabangan o kung napupungusan sila sa sambahayan ng Diyos, umuuwi sila at nag-iiskandalo, gumagawa sila ng gulo, at kumikilos sa paraang katatakutan sila ng pamilya nila. Sa harap ng mga walang pananampalataya, wala silang kagandahang-asal bilang Kristiyano, at hindi rin sila nagpapatotoo gaya ng nararapat gawin ng mga Kristiyano—sila ay ganap na isang lobo, hindi na maituturing

na isang tao. Sa sambahayan ng Diyos at sa harap ng mga kapatid, nangangako sila, nanunumpa, nagpapahayag ng determinasyon nila, at nagpapakita ng kahandaang gumugol ng kanilang sarili para sa Diyos at tila may pananalig sa Diyos. Subalit kapag kasama nila ang mga walang pananampalataya, ang kanilang mga paghahangad at paniniwala ay katulad ng sa mga walang pananampalataya. Sumusunod pa nga ang iba sa mga sikat na tao gaya ng ginagawa ng mga walang pananampalataya at ginagaya nila ang pananamit ng mga sikat na tao bawat araw, nakabuyangyang ang itaas na parte ng katawan, may magulong buhok at makapal na kolorete—hindi sila mukhang tao at hindi rin mukhang multo. Nagsusuot sila ng mga nauusong damit at nakikisabay sa uso bawat araw, pakiramdam nila ay napakasarap ng buhay, at sa pinakakaibuturan ng kanilang puso, wala silang anumang nararamdamang pagkapoot sa paraan ng pamumuhay ng mga walang pananampalataya. Gumagawa ng maraming bagay ang mga anticristo at nagsusumikap para matiyak ang posisyon nila sa iglesia at magkaroon ng katanyagan at katayuan sa puso ng mga tao. Ang pagsisikap na ito ay ganap na ginagawa para matamo ang mga pakay nila at upang pahalagahan at sambahin sila ng iba. Ang mga pag-uugali, pamamaraan, at panlabas na pagbubunyag na ito ay isang malinaw na paghahambing sa kung paano sila namumuhay sa likod ng mga nakasarang pinto, at ang kanilang mga kilos at pag-uugali sa likod ng mga tao ay lubusang hindi mga bagay na dapat ginagawa ng isang Kristiyano. Sa ganitong malinaw na paghahambing, matutukoy natin na ang lahat ng kanilang ginagawa at ipinapakita sa harap ng mga kapatid ay pawang pagkukunwari, na hindi ito totoo at hindi isang likas na nagpapakita. Nagkukunwari lamang ang mga anticristo para matamo ang mga pakay nila, dahil kung hindi, hindang-hindi nila ikokompromiso ang sarili nila para gawin ang mga bagay na ito. Base sa ginagawa nila at sa mga nagpapakita ng mga disposisyon nila sa likod ng mga nakasarang pinto, gayundin sa mga sarili nilang paghahangad, hindi nila mahal ang katotohanan, hindi nila mahal ang mga positibong bagay, hindi nila mahal ang kagandahang-asal at katuwiran, lalong hindi nila mahal ang magtiis ng paghihirap at magbayad ng halaga, o sumunod sa landas ng Kristiyano. Samakatwid, ang mabubuting pag-uugaling ito na ipinapakita nila ay hindi nagmumula sa puso nila, hindi boluntaryo ang mga ito, hindi totoo, kundi taliwas sa sarili nilang kagustuhan, ginagawa para makita ng iba at makuha ang pabor at loob ng mga tao. May ilang nagsasabing, “Paano ba sila nakikinabang sa pagkuha ng loob ng mga tao?” Dito naiiba ang mga anticristo sa mga ordinaryong tao; ang pakinabang na ito ay napakahalaga para sa kanila. Kaya, ano ang pakinabang na ito? Ito ay, kapag nakatayo sila sa gitna ng mga tao, walang sinuman ang hindi nakakakilala sa kanila, walang sinuman ang hindi sumasang-ayon, walang sinuman ang hindi pumupuri sa kanila, at walang sinuman ang hindi sumasamba sa kanila. Hinahanap ng mga tao ang anticristo kapag may problema sila, sa halip na hanapin ang Diyos at magdasal sa Kanya. At kapag sinasamba ng lahat ang anticristo at umiikot ang kanilang mundo sa kanya, ano ang nararamdaman ng anticristo? Pakiramdam niya ay para siyang isang diyos o isang extraordinaryong tao, at para bang

nakalutang siya sa mga ulap, na sobrang saya, na naiiba sa kung paano namumuhay ang isang ordinaryong tao. Kapag siya ay kasama ng mga tao, pinupuri at hinahangaan siya ng lahat, at itinatanghal siya na para bang mga bituing nagkukumpol-kumpol sa paligid ng buwan—napakagandang pakiramdam nito, at punong-puno ng kasiyahan, kaginhawahan, at kaligayahan sa puso niya! Ito mismo ang ninanais ng mga anticristo. Gayumpaman, kung walang sinuman sa isang grupo ng mga tao ang nagbibigay ng anumang pansin sa anticristo, kung kakaunti lang ang nakakaalam ng pangalan niya, kung walang sinuman ang nakakaalam sa mga kalakasan niya, kung itinuturing siya sa isipan ng karamihan bilang isang ordinaryong tao, isang taong walang anumang espesyal na katangian, walang anumang kalakasan, walang anumang katangi-tangi tungkol sa kanya, anumang bagay na maaaring pag-ukulan ng paghanga o paggalang ng ibang tao, o anumang bagay na maaaring mapag-usapan ng sinuman nang may paghanga, kung gayon, nagsasanhi ito ng hindi komportable at masamang pakiramdam sa puso ng anticristo; hindi niya nararamdaman na para siyang isang diyos o na parang lumulutang siya sa mga ulap. Para sa kanya, ang mamuhay nang ganito ay masyadong nakakabagot, masyadong hindi komportable, masyadong nakakasakal, masyadong hindi kasiya-siya, at hindi sulit. Iniisip niya na kung siya ay magiging isang ordinaryong tao lang sa buong buhay niya, gumagampan ng ilang tungkulin at nagiging isang nilikha na pasok sa pamantayan, anong kasiyahanang mayroon sa gayong buhay? Bakit sobrang kaunti ang kasiyahan sa pananampalataya sa Diyos? Para sa anticristo, masyadong mababa ang pamantayang ito, at kailangang itaas ito. Ngunit paano nga ba ito maitataas? Dapat niyang dagdagan ang kasikatan niya para tingalain at lubos siyang igalang ng mga tao, at makapamuhay siya nang marangya. Kaya naman, kapag nagdadasal siya, hindi siya nagdadasal nang mag-isa sa bahay, kundi kinakailangan niyang pumunta sa iglesia para magdasal, magdasal kapag nakikipagtipon sa mga kapatid, magdasal nang malakas, magdasal nang maayos ang gramatika, lohikal, organisado, at maingat, magdasal para marinig ng lahat ng naroroon, para marinig ng lahat ng naroroon ang kahusayan niya sa pagsasalita at malinaw na pag-iisip, at malaman na mayroon siyang sariling paghahangad. Kapag nagbabasa siya ng mga salita ng Diyos, hindi rin niya ito binabasa nang mag-isa sa bahay. Una, naghahanda siya sa bahay, at pagkatapos ay binabasa niya para marinig ng iba, nang sa gayon ay makita ng ibang tao na ang lahat ng salita ng Diyos na binabasa niya ay importante, napakahalagang lahat. Anuman ang ginagawa niya, palagi niyang ginagawa ang mga takdang-aralin niya sa likod ng mga nakasarang pinto, at saka lamang siya lumalapit sa iba kapag handa na siya, kapag ang tingin ng ibang tao sa kanya ay kagalang-galang at kapag sinasang-ayunan na siya. Mayroon pa ngang ilan na nagsasanay at naghahanda sa bahay sa harap ng salamin bago ito iharap sa iba. Kapag iniharap nila ito sa iba, hindi ito ang pinaka-orihinal na lagay nito, kundi dumaan na ito sa maraming proseso, naproseso na sa pamamagitan ng mga kaisipan, pananaw, tiwaling disposisyon, tusong pakana at mapandayang pamamaraan ng anticristo. Upang makamit ang pakay nila ng pagkakaroon ng katayuan

at kasikatan sa iglesia at sa mga tao, hindi uurong ang mga anticristo sa pagbabayad ng anumang halaga para gawin ang mga bagay na ito. Kaya, ano ang tawag sa lahat ng bagay na ito? Ang mga ito ba ay mga totoong pagpapakita? Ang mga ito ba ay mga kaugaliang dapat gawin ng isang taong naghahangad ng pagbabagong disposisyonal? (Hindi.) Lahat ng ito ay nagmumula sa pagkukunwari; masyadong nagkukunwari ang mga anticristo na ito ay nakakasuka na!

May ilang tao na hindi nagbabahagi sa mga pagtitipon kung wala muna silang naihandang draft. Kailangan muna nilang maghanda ng draft sa likod ng mga nakasarang pinto, baguhin nang paulit-ulit, ayusin, at pagandahin ito, at kapag handa na ito, saka lang sila magbabahagi sa harap ng mga kapatid. May isang nagsasabi sa kanila, “Magkakapatid tayong lahat dito. Magsalita ka lang nang matapat at makatotohanan sa mga pagtitipon. Sabihin mo lang ang kahit anong pumapasok sa isip mo. Iyon ang pinakamainam na paraan.” Sasagot siya ng, “Hindi, hindi ko kaya. Kung gagawin ko iyon, bababa ang tingin sa akin ng mga kapatid.” Kita mo, hindi namamalayang nakakapagsabi siya ng isang bagay na totoo. Sa bawat aspekto, gumagawa siya ng mga bagay para pangalagaan ang kanyang reputasyon at katayuan. Ang ilang tao na may natatanging talento, mga propesor, estudyante sa unibersidad, estudyanteng nagdodoktorado, o mga siyentipikong mananaliksik sa lipunan ay gumagamit ng mga pagpapanggap at mga pinagandang pag-uugali para makipag-ugnayan sa mga tao upang mapatunayan ang sarili nila at mapangalagaan ang kanilang katayuan at reputasyon. Ibig sabihin, nagsusuot sila ng maskara kapag nakikisalamuha sa mga tao, at hindi alam ng mga tao kung ano ba talaga ang habol nila, kung sila ba ay may anumang kahinaan, ano ba mismo ang ginagawa nila sa likod ng mga nakasarang pinto, at palaging may bahid ng duda, palaging may kuwestiyon, pagdating sa pribadong buhay nila at kung paano sila umaasal at humaharap sa mundo. Hindi ba’t napakalalim ng pagkukunwari ng mga taong ito? Kung gayon, paano ninyo dapat tratuhin ang mga taong ito? Dapat ba na dahil sila ay hindi totoo sa iyo, magiging hindi totoo ka na rin sa kanila? Halimbawa, nagsasalita lamang sila ng magagalang na pakitang-tao kapag nakikipagkita sa iyo, kaya palagi ka na lang ding magalang sa kanila—katanggap-tanggap ba ito? (Hindi.) Kung gayon, ano ang angkop na paraan ng pakikisama sa kanila? (Kapag natuklasang nagpapakita sila ng mga ganitong pagpapamalas, dapat muna silang ilantad, ibahagi sa kanila ang tungkol sa kung ano ang kalikasang diwa ng ganitong uri ng disposisyon at kung ano ang intensiyon sa likod nito. Kung hindi nila tinatanggap ang sinasabi sa kanila, hindi na dapat muling magbahagi pa sa kanila.) Dapat mo silang ilantad, at kung hindi nila tinatanggap ang sinasabi mo, layuan mo sila. Mayroon bang sinuman sa inyo na kaya pa rin nilang mailihis at sumamba sa kanila? Sa tayog na mayroon kayo ngayon, kung tutuusin ay makikilatis ninyo nang kaunti ang mga halatang Pariseong ito, ngunit kung makakatagpo kayo ng isang mas may kapabilidad, na kayang magkunwari, na malalim na naitatago ang sarili niya, makikilatis ba ninyo siya? Kung palaging tama ang kanilang sinasabi at ginagawa, kung tila wala silang mga pagkakamali at hindi kailanman

nagkakamali, kung minsan ay nagiging negatibo at mahina ka sa ilang bagay pero sila ay hindi, at kung magkagayon man sila, kaya nila mismong lutasin ito at mabilis na umahon mula rito, pero hindi mo kaya, kung gayon, kapag nakatagpo mo ang mga ganitong tao, sasang-ayunan at sasambahin mo sila, at matututo ka mula sa kanila at susunod ka sa kanila; kung hindi mo makikilatis ang ganitong mga tao, hindi natin masasabi kung malilihis ka ba nila o hindi.

Ilang aspekto na ang napagbahaginan natin tungkol sa paksang ito ng pagkukunwari? Ang isang aspekto ay ang paggamit nila ng pagtitiis ng paghihirap bilang pagkukunwari. Sa kanilang puso, ayaw talaga nilang magtiis ng paghihirap at nakakaramdam sila ng matinding paglaban dito, gayumpaman ay lubha silang nag-aatubili na magtiis ng paghihirap, bitiwang ang mga bagay-bagay, at magbayad ng halaga para makamit ang kanilang mga pakay. Pagkatapos nilang magdusa, hindi pa rin nila ito matanggap nang buong-buo at pakiramdam nila ay hindi sulit ang paghihirap na ito dahil maraming tao ang hindi nakakaalam tungkol dito. Kaya, isinasapubliko nila ito kahit saan, sinasabihan ang maraming tao na walang alam tungkol dito. Sa huli, nalalaman ng ilang tao kung ano ang nangyari at nagkakaroon ng malalim na impresyon tungkol sa kanila, mataas ang pagtingin sa kanila at sinasamba sila, sa gayon ay natatamo nila ang mga pakay nila. Mayroon ding ilan na nagpapakilala ng kanilang sarili bilang mabuting tao, na magalang at masunurin, nais makisalamuha sa mga tao gamit ang ganitong imahe, pagkakakilanlan, at personalidad para paniwalaan ng mga tao na sila ay mabubuting tao at mapalapit ang mga ito sa kanila. Itinuturing nilang layon nila ang pagiging mabuting tao gaya nito upang makatanggap ng paghanga mula sa mas maraming tao, nang sa gayon ay maging mataas ang tingin ng mga tao sa kanila at madagdagan ang kasikatan nila. Hindi ba't ganoon? (Oo, ganoon na nga.) Gamit ang ilang pamamaraan ng mga anticristo, nailantad at nahimay-himay natin ngayon ang mga nakatagong pakay sa likod ng kanilang mapagpanggap na pag-uugali at ang diwa ng kanilang pagkukunwari, kung anong mga bagay ang ginagawa at sinasabi nila, at kung anong mga pagpapamalas ang ipinapakita nila na nagpapatunay na nagkukunwari sila. Tatapusin na natin dito ang pagbabahaginan tungkol sa aspektong ito.

b. Nang may Pagpapanggap

Ngayon, magbabahaginan tayo tungkol sa ikalawang aspekto. Madalas gumagamit ng pagpapaimbabaw ang mga anticristo para magtamo ng katayuan; nagsasabi sila ng mga bagay na gustong marinig ng mga tao at na naaayon sa mga kuru-kuro ng mga tao, at gumagawa sila ng mga bagay sa panlabas na nagiging dahilan para sang-ayunan at hangaan sila ng mga tao, kaya mas lalo silang nagiging sikat—ito ay isa pang paraan ng panlilihis ng mga anticristo sa mga tao. Mayroon bang kaibahan sa pagitan ng pagpapanggap at pagkukunwari? Pagdating sa panlabas na pag-uugali, ang pagkukunwari at pagpapanggap ay kadalasang iisang kalagayan; magkakaugnay ang mga ito. Pagbabahaginan natin ang mga ito nang hiwalay para maging mas malinaw

ang mga ito para sa mga tao, at nang mas lubos na maintindihan ng mga tao ang mga ito. Ang pangunahing kahulugan ng “pagpapanggap” ay hindi pekeng pagkilos, kundi ang pag-iimpersona. Bakit nagpapanggap ang mga anticristo? Likas na mayroon silang mga partikular na pakay: Nagpapanggap ang mga anticristo para magtamo ng katayuan at katanyagan; kung hindi, hindi sila kailanman magpapanggap, hindi sila gagawa ng gayong kahangalan. Malinaw itong nakikita ng mga mapagkilatis na mata. Kung madalas na nagpapanggap ang mga tao, natural na makakatanggap sila ng pagkasuklam, pagkamuhi, at pagtuligsa ng iba—kaya, bakit ginagawa pa rin ito ng mga anticristo? Sadyang ito ang kalikasan nila: Hindi nila iniintindi kung ano ang kailangan para magkamit ng reputasyon at katayuan, wala na silang pakiramdam ng kahihiyan. Para magkamit ng katayuan sa isipan ng mga tao, ang unang ginagawa ng mga anticristo ay ang himukin ang mga tao na magtiwala sa kanila, tingalain sila, at sambahin sila. Kaya, paano nila natatamo ang layong ito? Bukod sa pagpepeke ng mabuting pag-uugali at mga pagpapamalas na tumutugma sa mga kuru-kuro ng mga tao, ginagaya rin nila ang pagkilos ng mga dakila at tanyag na tao, kinokopya ang paraan ng pagsasalita ng mga ito, para pahalagahan at tingalain sila ng mga tao. Sa ganitong paraan, hindi namamalayang sinisimulan na silang sambahin, bolahin, at suportahan ng ilang tao sa iglesia, tinitingnan nila ang mga anticristo na parang mga espirituwal na nilalang o mga tanyag na tao, na nangangahulugang ang mga anticristo ay hinahangaan at iginagalang bilang mga espirituwal na nilalang sa iglesia at sa puso ng ilang tao. Ito ay dahil karamihan sa mga tao ay lubusang walang pagkilatis, at sinasamba at iginagalang nila ang sinumang gusto at hinahangaan ng puso nila. Sa iglesia, anong klaseng tao ang pangunahing ginagaya ng mga anticristo? Iniimpersona nila ang mga espirituwal na nilalang, dahil karamihan sa mga tao ay sumasamba sa mga espirituwal na nilalang. Sa Hudaismo, ang mga Pariseo ay mga espirituwal na nilalang na sinasamba ng mga tao; sinasamba sila ng mga tao dahil sa kaalaman nila, huwad na kabanalan, at pakitang-taong mabuting asal; at kaya, sa Hudaismo, napakasikat ng mga Pariseo, sila ay lubos na hinahangaan. Ngayon, may ilan sa iglesia na mahilig ding sumamba sa mga espirituwal na nilalang. Una, sinasamba nila ang mga nasa iglesia na matagal nang nananampalataya sa Diyos, mga taong may diumano’y mga espirituwal na karanasan at patotoo, na nakatanggap ng mga biyaya at pagpapala ng Diyos, na nakakita ng mga dakilang pangitain, at nagkaroon ng mga extraordinaryong karanasan. Dagdag pa rito, may mga tao ring mayayabang at matatamis magsalita kapag kasama ng ibang tao, na nag-uudyok sa iba na sila ay sambahin at hangaan. May iba na may mga pamamaraan, gawi, at prinsipyo sa pagkilos nila na naaayon sa mga panuntunan ng iglesia, na parang maka-diyos ang panlabas na pag-uugali. Mayroon ding mga tao na parang may malaking pananalig sa Diyos. Ang mga taong ito ay pawang tinatawag na mga espirituwal na tao. Kung gayon, paano iniimpersona ng mga anticristo ang mga espirituwal na tao? Simple lang ang ginagawa nila: Sinasabi nila ang mga sinasabi ng mga espirituwal na tao, at ginagawa ang mga ginagawa ng mga espirituwal na tao, para ituring sila ng mga tao

bilang isang espirituwal na tao. Pero sinasabi at ginagawa ba nila ito nang taos-puso? Hindi: Ito ay panggagaya lamang, pagsunod sa isang regulasyon, ginagawa lang nila ito para makita ng iba. Halimbawa, kapag may nangyayari sa kanila, agad silang nagdarasal—pero hindi naman talaga sila tunay na naghahanap o nagdarasal, pabasta-basta lang nila itong ginagawa para magpakitang-tao, para sabihin ng mga tao na mahal na mahal nila ang Diyos at may matinding takot sila sa Diyos. Bukod pa rito, kapag nagkasakit sila at nangangailangan ng gamutan, hindi sila nagpapagamot o umiinom ng nararapat na gamot. Sinasabi ng mga tao, “Kung hindi ka iinom ng gamot, puwedeng lumala ang sakit mo. May oras para sa gamot, at may oras para sa panalangin. Kailangan mo lang sumunod sa pananalig mo at huwag pabayaang ang tungkulin mo.” Sumasagot sila, “Ayos lang—kasama ko ang diyos, hindi ako natatakot.” Sa panlabas, nagkukunwari silang kalmado, walang takot, at puno ng pananalig, pero sa loob-loob nila, takot na takot sila, at palihim na pumupunta sa doktor sa sandaling sumasama ang pakiramdam nila. At kapag may nakaalam na nagpunta sila sa doktor at uminom ng gamot, naghahanap sila ng mga dahilan o palusot para itago ito. Madalas din nilang sinasabi, “Ang sakit ay isang pagsubok mula sa diyos. Kapag namumuhay ka sa sakit, magkakasakit ka; kapag namumuhay ka sa mga salita ng diyos, mawawala ang sakit na ito. Hindi tayo dapat mamuhay sa sakit—kung mamumuhay tayo sa mga salita ng diyos, mawawala ang sakit na ito.” Kung titingnan, ito ang madalas nilang itinuturo sa mga tao, ginagamit nila ang mga salita ng Diyos para tulungan ang mga tao; pero palihim nilang nilulutas ang sakit nila gamit ang mga pamamaraan ng tao. Sa harap ng ibang tao, sinasabi nila na sumasandal sila sa Diyos at na ang lahat ng bagay ay nasa mga kamay ng Diyos, sinasabi nila na hindi sila natatakot sa karamdaman o kamatayan; pero sa puso nila, mas takot pa sila kaysa sa sinuman, takot silang magkasakit at pumunta sa ospital, at mas lalong takot na takot sila sa kamatayan. Wala silang tunay na pananalig. Sa harap ng ibang tao, nagdarasal sila at nagsasabing: “Malugod akong nagpapasakop sa kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng diyos. Ang lahat ng bagay ay nagmumula sa diyos, at hindi dapat magreklamo ang mga tao.” Sa puso nila, iniisip nila: “Lubos na tapat kong nagampanan ang tungkulin ko, bakit dumapo sa akin ang sakit na ito? At bakit walang ibang nagkasakit nang ganito? Ginagamit ba ito ng diyos para ibunyag ako, para pigilan akong gawin ang tungkuling ito? Kinasusuklanan ba ako ng diyos? At kung kinasusuklanan niya ako, isa ba akong tagapagserbisyo? Ginagamit ba ako ng diyos para magserbisyo? May kahahantungan ba ako sa hinaharap?” Hindi sila nangangahas na magreklamo nang malakas, pero sa puso nila, lumitaw ang mga pagdududa tungkol sa Diyos, iniisip nila na hindi lahat ng ginagawa ng Diyos ay tama. Sa panlabas, gayumpaman, nagpapanggap sila na walang mali, ipinapalabas nila na kahit magkasakit sila, hindi ito makakapigil sa kanila, at kaya pa rin nilang gawin ang tungkulin nila, at maging mapagpasakop at tapat, na kaya pa rin nilang gumugol para sa Diyos. Hindi ba’t ito ay pagkukunwari at pagpapanggap? Ang kanilang pananalig at pagpapasakop ay peke; peke rin ang katapatan nila. Walang tunay na pagpapasakop

dito, walang tunay na pananalig, at lalong wala ring tunay na pagsandig at pagsuko sa Diyos. Hindi nila hinahanap ang mga layunin ng Diyos, hindi nila sinusuri ang sarili nilang mga tiwaling disposisyon, hindi rin nila hinahanap ang katotohanan para malutas ang sarili nilang mga problema. Ang iniisip lang nila sa kanilang puso ay ang kanilang mga interes ng laman, kalalabasan, at hantungan; ang puso nila ay puno ng mga reklamo, mga maling pagkaunawa, at mga paghihinala tungkol sa Diyos—at gayumpaman, sa panlabas, nagpapakita sila na parang isang espirituwal na nilalang, at anuman ang mangyari sa kanila, sinasabi nila na, “May mabuting layunin ang diyos, hindi ako dapat magreklamo.” Hindi nagrereklamo ang kanilang bibig, pero lubhang naguguluhan ang puso nila: Ang kanilang mga reklamo, maling pagkaunawa, at mga pagdududa tungkol sa Diyos ay patuloy na napupukaw sa puso nila. Batay sa lahat ng nakikita, madalas nilang binabasa ang mga salita ng Diyos at hindi nagpapaliban sa paggawa ng tungkulin nila, pero sa puso nila, sumuko na sila sa kanilang tungkulin. Hindi ba’t ito ang kahulugan ng pagpapanggap? Ito ay pagpapanggap.

Palaging magpapanggap ang mga anticristo, anuman ang sitwasyon; wala silang pinipiling okasyon. Halimbawa, kapag dumadalo sa mga pagtitipon, nagbabatian ang ilang magkakapatid. Paano ito hinaharap ng mga anticristo? Sinasabi nila, “Tama na ang kuwentuhan, nasa pagtitipon tayo! Nasaan ba kayo sa tingin ninyo para makipagkuwentuhan ng ganitong mga bagay? Wala kayong may-takot-sa-diyos na puso. Magseryoso kayo!” May ilang tao na nagpapahinga habang ginagawa ang kanilang tungkulin, at kapag nakikita ito ng isang anticristo, sinasabi niya, “Nagiging pabaya na naman, ha? Dapat mong basahin kaagad ang mga salita ng diyos at humarap sa kanya para manalangin.” Kapag nagpapalitan ng mga pananaw ang mga kapatid para matuto ng mga propesyonal na kasanayan mula sa isa’t isa, sinasabi nila, “Dapat muna kayong magbahagi tungkol sa mga salita ng diyos at magdasal, at pagkatapos ay magpalitan ng mga pananaw at ideya.” Kung may isang tao na hindi pa nagdadasal bago magsimula ang pagtitipon, sasawayin siya ng anticristo, tutukuyin siya bilang isang partikular na uri ng tao, at may masasabi ang anticristo tungkol sa kanya. Sa bawat aspekto, ipinapakita nila sa iba na sila ay napaka-espirituwal, napakataimtim, na napakasigasig nila sa katotohanan at nagsusumikap na hangarin ito, na napakaresponsable nila sa kanilang tungkulin, na kaya nilang regular na basahin ang mga salita ng Diyos araw-araw, na mayroon silang normal na espirituwal na buhay, na regular silang dumadalo sa mga pagtitipon, na kapag dumadalo sila sa mga pagtitipon ay nagdarasal sila, nagbabasa ng mga salita ng Diyos, at nagbabahaginan ayon sa itinakdang paraan, at na hindi sila nakikipagkuwentuhan o nakikipag-usap tungkol sa mga isyung pambahay. Kapag may nagsasabi sa kanila ng, “Humahaba na ang buhok mo. Dapat magpagupit ka na. Mainit ang panahon ngayon, kaya magiging mas maaliwalas ang pakiramdam mo kung magpagupit ka,” sumasagot sila, “Hindi mahalaga kung medyo humahaba na ang buhok ko. Mahalaga ang trabaho. Hindi magiging problema sa akin ang init kahit hayaan kong tumubo pa ng ilang araw ang buhok ko.” May isang nagsasabi na, “Nagkakahimulmol na

ang mga damit mo. Kung lagi mo pang isusuot ang mga ito, pagtatawanan ka lang ng mga tao.” Sasabihin ng anticristo, “Hindi mahalaga iyon. Nag-aalala ba tayong mga mananampalataya sa diyos na pagtawanan tayo ng iba? Lahat tayo ay nagdusa na nang husto, at tiniis natin ang pang-uusig ng malaking pulang dragon sa lahat ng panahong ito. Tinahak natin ang landas ng pagtatakwil ng mga makamundong tao. Kaya, ano ngayon kung pagtatawanan ako ng mga tao dahil sa mga nagkakahimulmol kong damit? Hangga’t tanggap ako ng diyos, iyon lang ang mahalaga.” Mabuting bagay ba na sabihin ito? (Nagpapanggap sila na espirituwal.) May ilang tao na nakakakita na nagtatanong Ako at inuudyukan Ko ang lahat na magbahagi tungkol sa mga ito pagkatapos ng isang sermon, pero hindi masagot ng mga tao ang mga ito sa pagbabahaginan, kaya nagbibigay sila ng ganitong buod: “Nakahanap ako ng bagong liwanag dito. Hindi kailanman kumakain ang diyos nang walang kabuluhan, pero tayo, kahit ang pagkain natin ng repolyo ay nasasayang lang.” Narinig mo na ba na nasabi ito noon? (Hindi.) Sinasabi nila na hindi kailanman kumakain ang Diyos nang walang kabuluhan, ibig sabihin, nangangaral ng sermon ang Diyos sa mga tao at kaya nararapat lang na kumain Siya. Hindi tayo nakakapagbahagi ng anuman, kaya pati pagkain natin ng repolyo ay nasasayang lang. Itinuturing ito ng ilang tao na walang pagkilatis bilang ang katotohanan at ipinagsasabi nila ito kahit saan. Hindi sila naniniwala na maituturing bilang espirituwal, matayog, o bilang bagong liwanag ang pagbabahaginan tungkol sa pagkilala sa sarili, paghahangad na magpasakop at magmahal sa Diyos, at ang iba pang karaniwang paksa na madalas talakayin ng mga tao. Para sa kanila, ang sinabi lang ng taong iyon ang bagong liwanag at ang matayog! Parang tamang pakinggan ang sinabi ng taong iyon, pero kapag pinag-isipang mabuti, kasuklam-suklam ito at isang walang katuturang bagay na sasabihin. Ito ay isang bagay na inimbento ng mga walang espirituwal na pagkaunawa, pero gusto pa ring magpanggap na espirituwal, magpanggap na may kaalaman sa katotohanan, at magpanggap na nauunawaan nila ang katotohanan—hindi ba’t wala itong katuturan? (Oo.) Eksperto sila sa pag-aaral ng pagsasabi ng mga mapagmataas at walang-lamang mga salita at doktrina, at hindi sila nagbibigay ng kahalagahan sa pagsasagawa ng katotohanan at pagpasok sa realidad. Kaya, nagpapakadalubhasa sila sa pagkatuto ng pagsasalita ng espirituwal na doktrina at hindi nila hinihimay-himay ang sarili nila kung mayroon ba silang katotohanang realidad o wala—hindi ba’t mga mapagpaimbabaw ang mga taong ito? Ganitong mga tao ang pinakakinasusuklaman ng Diyos.

Kapag nagtitipon-tipon ang kung tawagin ay mga espirituwal na taong ito, namimilosopo sila, tinatalakay ang mga misteryo, at pinag-uusapan ang tungkol sa pagkilala sa sarili at sa Diyos. Ang mga bagay na pinag-uusapan nila ay napakatayog na tila hindi usapin sa mundo. Nag-uusap sila nang nag-uusap, lumilihis at nag-uusap tungkol sa mga bagay na malayo sa paksa. Ano ang ibig sabihin ng “nag-uusap tungkol sa mga bagay na malayo sa paksa”? Nag-uusap sila nang nag-uusap hanggang sa puro kalokohan na ang sinasabi nila, nagkokompetensiya sila sa kung sino ang mas maraming nabasang salita ng Diyos at gaano karaming kabanata ng mga salita ng Diyos ang natatandaan nila at kayang

ipangaral, at kung sino ang nakakapangaral nang mas matayog at mas malalim kaysa sa iba, at kung sino ang nakakapangaral sa paraang nakakapagbigay ng higit na liwanag kaysa sa iba. Nagkokompetensiya sila sa mga bagay na ito, at ito ang tinatawag na “pakikipagkompetensiya sa espirituwalidad.” Minsan, nagkukuwentuhan ang mga tao, nag-uusap tungkol sa kung kumusta na sila kamakailan o tungkol sa ilang panlabas na bagay. Tapos, may darating na isang “espirituwal na tao” at, kapag naririnig niyang nag-uusap ang lahat tungkol sa mga bagay na ito, kinukuha niya ang kanyang aklat ng mga salita ng Diyos at pumupunta siya sa isang sulok para basahin ito. Hindi ba’t mukhang hindi palakaibigan at kakaiba ang ganitong tao? Kapag nakikipagbahaginan Ako sa ilang tao tungkol sa isang pangunahing paksa, nagpapahinga kami sa kalagitnaan ng pagbabahagi at nag-uusap tungkol sa mga panlabas na bagay—hindi ba’t normal lang iyon? Habang nag-uusap, may mga tao na hindi umiimik. Ang ibig nilang sabihin dito ay, “Makikinig ako kapag nagbabahagi ka tungkol sa katotohanan, pero kung magsisimula kang makipagkuwentuhan, hindi na muna ako makikinig. Kung patuloy kang makikipagkuwentuhan nang mahabang oras, aalis na ako.” Saan sila pumupunta? Pumupunta sila sa isang lugar para magdasal, at buong kumpiyansa nilang sinasabi, “O diyos, pakiusap, bawiin mo po ang puso ko. Hayaan mo po akong maging tahimik sa harap mo, huwag mo po akong hayaang madala at matangay ng mga bagay ng mundong walang pananampalataya, at huwag mo po akong hayaang matangay ng mga makamundong kalakaran.” Iyon ba ay napaka-espirituwal? Naniniwala sila na ganoon. Kapag nag-uusap kayo tungkol sa mga bagay sa bahay at kung kumusta ang kalagayan ninyo kamakailan, sa tingin nila, hindi ito pagbabahaginan tungkol sa katotohanan, na hindi man lang binanggit ang mga salita ng Diyos, at kaya, umaalis sila at lalapit sa Diyos para magdasal. Hindi ba’t medyo kakaiba iyon? Ito ang pagpapanggap ng mga taong naghahangad na maging espirituwal—napakahusay nilang magpanggap! Ang pakay nila sa pagpapanggap ay ang ipakita sa iba na sila ay espirituwal, na seryoso sila sa paghahangad nila, na palagi silang namumuhay sa presensiya ng Diyos, na may liwanag sa mga salita nila, na hinahangad nila ang katotohanan, na hindi sila napipigilan ng mga makamundong bagay o ng mga pagmamahal ng pamilya, na wala silang ganitong mga pangangailangan ng laman, na iba sila sa mga normal na tao, na iwinaksi na nila ang sekular na mundo at ang ganitong mga bulgar na interes. Kapag may ilang tao na nakikipag-usap nang kaunti sa mga hindi mananampalataya, sinasabi nila, “Hindi iyan tama. Masasama ang mga taong ito na walang pananampalataya. Sa sandaling kausapin mo sila at masangkot ka sa kanilang mga gawain, makakaramdam ka ng pagkabagabag sa loob mo at kailangan mong magmadaling lumapit sa diyos para magtapat at magdasal. Kailangan mong magmadaling basahin ang mga salita ng diyos, hayaan mong sakupin at punuin ka ng kanyang mga salita.” Kaya, kapag nakakakita sila ng mga walang pananampalataya, mga taong hindi nananampalataya sa Diyos, iniwasan nila ang mga taong ito at hindi nila kinakausap. Ni hindi sila nakikisalamuha nang normal, at iniisip ng mga tao na kakaiba ang mga nagpapanggap na espirituwal. Ang batayan nila

sa pagkilos nang ganito ay, “Ang mga walang pananampalataya ay mga diyablo lahat at hindi natin sila dapat kausapin. Kinamumuhian ng diyos ang mga diyablo, kaya kung makikisama tayo sa mga diyablo at makikipaglapit sa kanila, kamumuhian din ito ng diyos. Dapat nating kamuhian ang kinamumuhian ng diyos, at dapat nating itakwil ang itinatakwil ng diyos.” Kung nakikita nila ang isang kapatid na nakikipag-usap, nagkakaroon ng masinsinang pag-uusap, o nakikipagkuwentuhan tungkol sa mga bagay na pambahay kasama ang isang miyembro ng pamilya o kaibigan na walang pananampalataya, hinuhusgahan nila ang kapatid na ito, iniisip nila, “Siya ay mananampalatayang may karanasan at matagal na siyang nananampalataya sa diyos. Hindi niya sinusubukang iwasan ang mga walang pananampalataya, bagkus ay lalo pa siyang nakikipaglapit sa mga ito. Pagkakanulo ito sa diyos, at kapag nakakaranas siya ng problema, tiyak na magiging Hudas siya.” Binabansagan nila ang ganitong mga tao. May ibang tao na may mga magulang na hindi nananampalataya sa Diyos, pero hindi rin naman tumututol ang mga magulang na ito sa pananampalataya sa Diyos ng anak nila. Paminsan-minsan, tinatawagan ng mga anak ang kanilang mga magulang para kumustahin, o kapag may sakit ang mga ito, umuuwi sila para alagaan ang mga magulang—ito ay ganap na normal at hindi ito kinokondena ng Diyos. At ano ang ginagawa ng mga espirituwal na taong ito—ang mga anticristong ito? Ganito ba ang tingin nila sa mga bagay-bagay? Ginagawa nila itong malaking isyu, sinasabing, “Karaniwang napakagaling mong magsalita at nagagawa mong pabitiwan sa iba ang mga damdamin nila at hindi mapigilan ng mga ito. Pero nakikita ko na mas malakas ang damdamin mo. Hindi nananampalataya sa diyos ang mga magulang mo, kaya dapat mo na silang itakwil.” May isang tao na sumasagot, “Hindi nananampalataya sa Diyos ang mga magulang ko pero hindi rin naman nila ako hinahadlangan. Suportadong-suportado nila ako.” Sagot ng anticristo, “Kahit na sinusupportahan ka nila, hindi ito katanggap-tanggap at mga diyablo pa rin sila. Paanong nagagawa mo pa rin silang ipagluto?” Sabi naman ng isa pa, “Hindi ba’t normal na damdamin ito ng tao? Hindi ba’t normal lang na magluto ng ilang pagkain para sa mga magulang at magpakita ng pagmamahal ng isang anak sa kanila? Hindi ito kinokondena ng Diyos, kaya bakit mo ito kinokondena?” Sumagot ang anticristo, “Hindi poproblemahin ng diyos ang ganito kaliit na bagay! Dahil hindi ito poproblemahin ng diyos, dapat tayong pumili at manindigan sa ating patotoo. Ang tagal mo nang nananampalataya sa diyos pero wala ka pa ring pagkilatis o tayog, at nagagawa mo pa ring tratuhin nang maayos ang mga diyablo—masyadong malakas ang damdamin mo!” Pati ito ay kinokondena niya! Anuman ang ginagawa ng iba, kinokondena at binabansagan niya ang mga ito para ipakita na may tayog siya, na seryoso siya sa kanyang paghahangad, na mayroon siyang pananalig, pero sa huli, kapag may namatay na miyembro ng sarili niyang pamilya, umiiyak siya sa loob ng maraming araw at hindi siya makabangon sa kama at gusto pa ngang talikuran ang pananalig niya. May nagsasabi sa kanya, “Hindi ba’t isa kang espirituwal na tao?” Sagot naman niya, “Hindi ba puwedeng maging mahina rin ang mga espirituwal na tao? Hindi ba ako puwedeng maging mahina sandali?” Hindi ba

ito katusuhan? Ang mga huwad na espirituwal na tao ay kayang magkunwari, at ito ang tinatawag na pagpapanggap. Nagkukunwari sila na wala silang kahinaan, na mapagpasakop sila, na mayroon silang pananalig sa Diyos at tapat sa Diyos, na kaya nilang panindigan ang mga panunumpa nila, kayang tiisin ang paghihirap at igugol ang sarili nila, hindi umaasal sa kahit anong paraan na maaaring isipin ng mga tao na hindi angkop o hindi ideyal. Batay sa panlabas nilang pag-uugali, sinasang-ayunan sila ng mga tao at hindi mahanapan ng anumang pagkakamali, mukhang umaayon sila sa Kristiyanong kagandahang-asal, at hindi pa nga sila mukhang negatibo o mahina. Kapag may nakikita silang isang taong nanghihina o nagiging negatibo, madalas nila itong mahigpit na sinasaway, sinasabing, “Nagiging mahina ka dahil lang sa isang maliit na bagay—hindi ba’t lubos itong nakakasakit sa diyos? Alam mo ba kung anong oras na ngayon? Napakaraming salita na ang binigkas ng diyos sa atin, kaya paanong nagiging mahina ka pa rin? Bakit napakakaunti ng pagkakaintindi mo sa puso ng diyos? Anuman ang isyung kinakaharap mo, dapat palagi kang lumapit sa diyos para magdasal, matutong mahalin ang diyos at maging tapat sa kanya, at dapat kang magpasakop at huwag manghina. Kung palagi mong isinasaalang-alang ang laman mo, hindi ba’t naghihimagsik ka laban sa diyos?” Tila walang problema sa sinasabi nilang ito, pero walang kabuluhan ang lahat ng ito at hindi nito kayang lutasin ang mga problema ng mga tao. Sinasabi nila, “Alam mo ba kung anong oras na ngayon?”—may kinalaman ba iyon sa nararamdamang kahinaan ng mga tao? May kinalaman ba ito sa paghihimagsik? May mga tiwaling disposisyon ang mga tao at namumuhay sila sa laman nila, at ang mga tao ay palaging maaaring manghina at maghihimagsik.

Gustong gampanan ng mga anticristo ang papel ng mga espirituwal na tao, bilang pinakamagagaling sa mga kapatid, at bilang mga taong nakakaunawa ng katotohanan at kayang tumulong sa mga mahina at kulang pa sa gulang. Ano ang pakay nila sa pagganap sa papel na ito? Una, naniniwala sila na nalampasan na nila ang laman at ang sekular na mundo, na naiwaksi na nila ang kahinaan ng normal na pagkatao at pinalaya ang kanilang sarili mula sa mga pangangailangan ng laman ng normal na pagkatao. Naniniwala sila na sila ang mga tao sa sambahayan ng Diyos na kayang umako ng mahahalagang gampanin, na kayang magsaalang-alang sa mga layunin ng Diyos, at na sila ang may pusong puno ng mga salita ng Diyos. Pinupuri nila ang kanilang sarili dahil natugunan na nila ang mga hinihingi ng Diyos at napalugod ang Diyos, dahil nagagawa nilang isaalang-alang ang mga layunin ng Diyos, at nakakamit ang magandang hantungang ipinangako ng Diyos. Kaya, madalas silang nakakaramdam ng kahambugan at na mas magaling sila kaysa sa iba. Ginagamit nila ang mga salitang natatandaan at nauunawaan nila sa kanilang isipan para sermunan ang iba, at para kondenahin at tukuyin ang iba. Madalas din silang gumagamit ng mga partikular na pamamaraan at kasabihan na naiisip nila sa mga kuru-kuro nila para limitahan at tagubilinan ang iba, na nagiging dahilan para sundin ng ibang tao ang mga patakaran at sundin sila ng mga ito, nang sa gayon ay mapangalagaan nila ang kanilang katayuan

sa iglesia. Naniniwala sila na hangga't kaya nilang mangaral ng isang hanay ng mga espirituwal na doktrina, bumigkas ng mga nauusong islogan, manguna, maging handang sumulong at umako ng gawain, at mapanatili ang normal na kaayusan ng iglesia, magiging mga espirituwal na tao sila, at magiging matatag ang katayuan nila. Kaya, ipinapalabas nila na mga espirituwal na tao sila at pinupuri nila ang sarili nila bilang ganito, habang kasabay nito ay ipinapalabas din nila na makapangyarihan sila sa lahat, lubos na may kakayahan, at mga perpektong tao. Halimbawa, kapag tinatanong mo sila kung marunong silang mag-type, sinasabi nila, "Oo, hindi mahirap para sa akin na mag-type." Tatanungin mo sila, "Kaya mo bang magkumpuni ng mga makina?" Sasabihin nila, "Pare-pareho lang ang mga prinsipyo ng lahat ng makina. Oo, kaya kong ayusin ang mga ito." Magtatanong ka, "Kaya mo bang ayusin ang mga traktora?" Sasabihin nila, "Maituturing ba na pag-aayos ng makina ang pag-aayos ng napakasimpleng makinang iyon?" Tatanungin mo sila, "Marunong ka bang magluto?" Sasabihin nila, "Kumakain ako, siyempre marunong akong magluto!" Magtatanong ka, "Kaya mo bang magpalipad ng eroplano?" Sasabihin nila, "Hindi ko pa ito natututunan, pero kung pag-aaralan ko ito, kaya kong gawin iyon. Kaya kong maging kapitan ng eroplano, walang problema." Iniisip nila na kaya nilang gawin ang lahat, na mahusay sila sa lahat ng bagay. May nasirang computer ang isang tao at hinihiling niya sa kanila na ayusin ito. Sasabihin nila na madali lang itong ayusin, pero ang totoo, wala silang alam at hindi nila alam kung paano ito ayusin, at sa huli, matapos subukang ayusin ito nang paulit-ulit, nabubura nila ang lahat ng impormasyon sa computer. Tinatanong sila ng may-ari ng computer, "Kaya mo bang ayusin ito o hindi?" At sasagot sila, "Nakapag-ayos na ako ng mga computer noon, pero ngayon, medyo nakalimutan ko na kung paano ito gawin. Mas mabuti pang maghanap ka na lang ng ibang mag-aayos nito." Napakahusay nilang magkunwari, hindi ba? Ang mga tao na gaya nila ay may disposisyon ng arkanghel; hindi nila kailanman kayang sabihin na, "Hindi ko alam kung paano ito gawin," o "Hindi ko ito kayang gawin," o "Hindi ako magaling dito," o "Hindi ko pa ito nakita dati," o "Hindi ko alam"—hindi nila kailanman kayang sabihin ang ganitong mga bagay. Anuman ang usapin, kung tatanungin mo sila tungkol dito, kahit hindi nila alam kung paano ito gawin at hindi pa nila ito nakita dati, kailangan pa rin nilang makaisip ng mga dahilan at palusot para mali mong paniwalaan na magaling sila sa lahat ng bagay, na marunong silang gawin ang lahat, na kaya nilang gawin ang lahat, at na puwedeng gawin ang lahat ng bagay. Anong klaseng tao ang gusto nilang maging? (Mga superman, mga tao na may lubos na kakayahan.) Gusto nilang maging mga tao na may lubos na kakayahan, na ipalabas na sila ay mga anghel ng liwanag—hindi ba't ganitong klase sila ng tao? Dahil palaging gustong magkunwari ng mga anticristo na magaling sila sa lahat ng bagay, kapag hinihiling mo sa kanila na makipagtulungan sa iba, na makipagpalitan ng mga pananaw, makipagtalakayan, makipagbahaginan, at makipag-usap sa iba tungkol sa mga isyu, hindi nila ito magawa. Sinasabi nila, "Hindi ko kailangan ng sinuman para makipagtulungan sa akin. Hindi ko kailangan ng alalay. Hindi ko kailangan ang tulong

ng kahit sino sa paggawa ng anumang bagay. Kaya ko itong gawin nang mag-isa, alam ko kung paano gawin ang lahat, lubos akong may kakayahan, at walang bagay na hindi ko kayang gawin, walang bagay na hindi ko makakamit, at walang bagay na hindi ko matatapos. Sino ako? Hindi kayo marunong gumawa ng kahit ano, at kahit na marunong kayong gumawa ng isang bagay, hindi kayo mahusay rito. Kahit isang bagay lang ang natutunan kong gawin, alam ko kung paano gawin ang lahat. Kung mahusay ako sa isang bagay, mahusay ako sa lahat. Marunong akong magsulat ng mga artikulo at nakakapagsalita ako ng mga banyagang wika. Kahit na hindi pa ako marunong ngayon na magsalita ng banyagang wika, kung mag-aaral ako, hindi ko magiging problema na matuto ng limang banyagang wika.” May nagtatanong sa kanila kung kaya ba nilang umarte sa mga pelikula, kumanta at sumayaw, at sinasabi nila na kaya nilang gawin ang lahat ng iyon. Ang galing nilang magyabang, hindi ba? Nagkukunwari silang kaya nilang gawin ang lahat ng bagay at marunong gumawa ng lahat—talagang taglay nila ang kalikasan ng arkanghel! May nagtatanong sa kanila kung naging mahina na ba sila sa mga taon ng pananampalataya nila sa Diyos, at sumasagot sila, “Ano ba ang dapat kong ikapanghina? Napakalinaw na sinalita ang mga salita ng diyos. Hindi tayo dapat manghina. Kung manghihina tayo, binibigo lang natin ang diyos. Dapat tayong magbigay ng 120 porsiyentong pagsisikap para suklian ang pagmamahal ng diyos!” Magtatanong ang isa pang tao, “Ni minsan ba ay nangulila ka sa tahanan mo mula nang lisanin mo ito ilang taon na ang nakalipas? Umiiyak ka ba kapag nangungulila ka sa tahanan mo?” Sumasagot sila, “Ano ba ang dapat kong iyakan? Nasa puso ko ang diyos. Kapag iniisip ko ang diyos, hindi ko na pinangungulilaan ang tahanan. Ang lahat ng kapamilya ko na walang pananampalataya ay mga diyablo at Satanas. Ipinagdarasal ko na sana masumpa sila.” Tinatanong sila ng isa pang tao, “Ni minsan ba ay nalihis ka na sa mga taon ng iyong pananalig?” Sumasagot sila, “Napakalinaw ng mga salita ng diyos, paanong maliligaw ang isang tao? Ang mga naliligaw ay mga taong hangal at walang espirituwal na pagkaunawa. Maliligaw ba ang isang tao na may kakayahan na katulad ko? Maaari kayang matahak ko ang maling landas? Hindi maaari.” Naniniwala silang magaling sila sa lahat ng bagay, na mas mahusay sila kaysa sa lahat. Ano ang tingin nila sa mga taong nagiging negatibo at mahina? Sinasabi nila, “Ang mga taong nagiging negatibo at mahina ay wala lang ibang magawa.” Totoo ba ito? Ang ilang pagiging negatibo at mahina ay normal lang, samantalang may dahilan naman sa ilang pagkanegatibo at pagiging mahina, kaya paano nila mailalarawan ang problemang ito sa pagsasabing ang mga taong ito ay “wala lang ibang magawa”? Nagkukunwaring espirituwal sa ganitong paraan ang mga anticristo, nagkukunwari silang kaya nilang gawin ang lahat ng bagay, nagkukunwaring wala silang kakulangan o kahinaan, at higit pa rito, nagkukunwari sila na hindi sila mapaghimagsik at na hindi sila kailanman sumalangsang.

Kahit ano pa ang konteksto, anuman ang tungkuling ginagawa niya, susubukan ng isang anticristo na magbigay ng impresyon na hindi siya mahina, na lagi siyang malakas, puno ng pananalig, at hindi kailanman negatibo, nang sa gayon ay hindi kailanman

makikita ng mga tao ang kanyang tunay na tayog o totoong saloobin sa Diyos. Sa katunayan, sa kaibuturan ng kanyang puso, naniniwala ba talaga siya na wala siyang hindi kayang gawin? Tunay bang naniniwala siya na wala siyang kahinaan, pagkanegatibo, o mga pagpapakita ng katiwalian? Tiyak na hindi. Magaling siyang magkunwari, mahusay sa pagtatago ng mga bagay-bagay. Gusto niyang ipinapakita sa mga tao ang kanyang bahagi na malakas at kahanga-hanga; ayaw niyang makita nila ang parte niya na mahina at totoo. Halata naman ang kanyang layon: Simple lang naman, at ito ay upang mapanatili ang kanyang banidad at pride, upang maprotektahan ang puwang na mayroon siya sa puso ng mga tao. Iniisip niya na kung sasabihin niya sa iba ang tungkol sa sarili niyang pagkanegatibo at kahinaan, kung ibubunyag niya ang bahagi ng kanyang pagkatao na mapaghimagsik at tiwali, magiging matinding pinsala ito sa kanyang katayuan at reputasyon—mas malaking problema pa ito kaysa sa pakinabang na dulot nito. Kaya mas nanaisin pa niyang mamatay kaysa aminin na may mga oras na siya ay mahina, mapaghimagsik, at negatibo. At kung dumating man ang araw na makita ng lahat ang bahagi niya na mahina at mapaghimagsik, kapag nakita nila na siya ay tiwali, at hindi talaga nagbago, magpapatuloy siya sa pagkukunwari. Iniisip niya na kung aaminin niyang mayroon siyang tiwaling disposisyon, na isa siyang ordinaryong tao, isang hamak na tao, mawawalan siya ng puwang sa puso ng mga tao, mawawala sa kanya ang pagsamba at pagtangi ng lahat, at kung kaya ay lubos na mabibigo siya. Kaya't anuman ang mangyari, hindi siya magtatapat sa mga tao; anuman ang mangyari, hindi niya ibibigay ang kanyang kapangyarihan at katayuan kaninuman; sa halip, makikipagkompetensiya siya sa abot ng kanyang makakaya, at hinding-hindi susuko. Sa tuwing nakakaharap siya ng isang isyu, nagkukusa siyang magpapansin at magpakitang-gilas at magbandera ng sarili niya. Sa sandaling lumitaw ang isang problema at nagkaroon ng mga kahihinatnan, mabilis siyang nagtatago, o kaya ay ipinapasa niya ang responsabilidad sa iba. Kung nahaharap siya sa isang isyung naiintindihan niya, agad niyang ipinangangalandakan ang kakayahan niya at sinasamantala ang pagkakataon para magpakilala sa iba, para makita ng iba na mayroon siyang mga kaloob at espesyal na kasanayan, at para tingalain at sambahin siya ng mga tao. Kung may mangyaring mahalaga, at may magtanong sa kanya tungkol sa pagkaunawa niya sa pangyayari, nag-aalangan siyang ihayag ang pananaw niya, sa halip ay hinahayaan niya ang iba na maunang magsalita. May mga dahilan ang kanyang pag-aalangan: Hindi sa dahil wala siyang pananaw, kundi natatakot siya na mali ang pananaw niya, na kung sasabihin niya ito, papabulaanan ito ng iba, na mapapahiya lang siya, at kaya mas pinipili niyang manahimik tungkol dito; o kaya ay wala talaga siyang pananaw at hindi niya malinaw na nauunawaan ang usapin, hindi siya naglalakas-loob na magsalita nang padalos-dalos, dahil sa takot na baka pagtawanan ng mga tao ang kamalian niya—kaya wala siyang magawa kundi manahimik. Sa madaling salita, hindi siya agad nagsasalita ng mga pananaw niya dahil natatakot siyang mabunyag ang sarili niya kung ano talaga siya, na makita ng iba na siya ay naghihihahos at kahabag-habag, na nakakaapekto sa imaheng

mayroon ang iba tungkol sa kanya. Kaya, pagkatapos magbahagi ng lahat ng kani-kanilang pananaw, kaisipan, at kaalaman, ginagamit niya ang ilang mas matayog, mas kapani-paniwalang pahayag, na ipinapalabas niya bilang sarili niyang pananaw at pag-unawa. Ibinubuod niya ang mga ito at ibinabahagi ang mga ito sa lahat, kaya, tumataas ang katayuan niya sa puso ng iba. Ang mga anticristo ay lubhang tuso: Kapag oras na para magpahayag ng pananaw, hindi sila kailanman nagtatapat at nagpapakita sa iba ng tunay nilang kalagayan, hindi rin nila hinahayaang malaman ng mga tao kung ano talaga ang iniisip nila, kung ano ang kakayahan nila, kung anong klaseng pagkatao mayroon sila, kung anong klaseng kapangyarihan ng pag-unawa mayroon sila, at kung mayroon ba silang tunay na kaalaman sa katotohanan. Kaya, kasabay ng pagyayabang at pagpapanggap bilang isang espirituwal at perpektong tao, ginagawa nila ang lahat ng kanilang makakaya para maitago ang totoo nilang mukha at tunay na tayog. Hindi nila inilalantad kailanman ang kanilang mga kahinaan sa mga kapatid, hindi rin nila sinusubukan kahit minsan na kilalanin ang kanilang sariling mga kakulangan at kapintasan; sa halip, ginagawa nila ang lahat para pagtakpan ang mga iyon. Tinatanong sila ng mga tao, “Napakaraming taon mo nang nananampalataya sa Diyos. Nagkaroon ka na ba kahit kailan ng anumang mga pagdududa tungkol sa Diyos?” Ang sagot nila, “Hindi.” Tinatanong sila, “Ni minsan ba ay pinagsisihan mong tinalikuran mo ang lahat ng bagay sa paggugol para sa Diyos?” Ang sagot nila, “Hindi.” “Noong may karamdaman ka, nabalisa ka ba, nangulila ka ba sa pamilya mo?” At ang sagot nila, “Hindi kailanman.” Nakita mo na, ipinapakita ng mga anticristo na sila ay matatag, malakas ang loob, may kakayahang tumalikod at magdusa, mga taong walang kapintasan at walang anumang mga kamalian o problema. Kapag ipinapaalam ng isang tao ang katiwalian at mga pagkukulang ng mga anticristo, tinatrato sila nang pantay, bilang isang normal na kapatid, at nagtatapat at nakikipagbahaginan sa kanila, paano nila tinatrato ang bagay na ito? Ginagawa nila ang lahat para ipagtanggol at pangatwiran ang kanilang sarili, para patunayan na tama sila, at sa huli ay ipakita sa mga tao na wala silang mga problema, at na sila ay perpekto at espirituwal na tao. Hindi ba’t puro pagpapanggap ito? Sinumang nag-iisip na ang sarili nila ay walang kapintasan at banal ay mga impostor lahat. Bakit Ko sinasabi na lahat sila ay mga impostor? Sabihin mo sa Akin, mayroon bang sinumang walang kapintasan sa gitna ng tiwaling sangkatauhan? Mayroon bang sinuman na tunay na banal? (Wala.) Tiyak na wala. Paano mawawalan ng kapintasan ang tao samantalang labis siyang nagawang tiwali ni Satanas at, maliban pa ryan, hindi niya likas na taglay ang katotohanan? Diyos lang ang banal; lahat ng tiwaling sangkatauhan ay may dungis. Kung magpapanggap ang isang tao bilang isang banal na tao, sasabihin na wala siyang kapintasan, ano ang taong iyon? Siya ay isang diyablo, isang Satanas, isang arkanghel—siya ay magiging tunay na anticristo. Isang anticristo lang ang magsasabing siya ay walang kapintasan at banal na tao. Kilala ba ng mga anticristo ang sarili nila? (Hindi.) At dahil hindi nila kilala ang sarili nila, magbabahagi ba sila ng pagkakilala nila sa sarili? (Hindi.) Mayroon bang mga anticristo na magbabahagi

tungkol sa pagkakilala nila sa sarili? (Oo.) Anong klaseng mga tao ang gumagawa nito? (Mga mapagpaimbabaw.) Tama. Nagkukunwari ang mga taong ito na kilala nila ang sarili nila, at pinapalaki nila ang maliliit na bagay at binibigyan ng ilang malaking pangalan ang kanilang sarili, sinasabing sila ay mga Satanas at mga demonyo, nagkukunwaring mayroon silang malalim na pagkakilala sa sarili nila. Sila ay mga huwad na espirituwal na tao, hindi ba? Hindi ba't mga mapagpaimbabaw sila? Kapag nagbabahagi sila tungkol sa pagkakilala nila sa sarili, talaga bang kilala nila ang sarili nila? (Hindi.) Kung gayon, ano ang sinasabi nila tungkol sa pagkakilala nila sa sarili? (Kapag nagsasalita ang mga anticristo tungkol sa pagkakilala nila sa sarili, hindi sila nagsasalita tungkol sa aktuwal nilang sitwasyon, nagsasalita lang sila ng mga walang-kabuluhang salita at mga salita ng doktrina, na hindi talaga praktikal; parang mayroon silang malalim na pagkakilala, pero walang tanda ng pagsisisi.) Ito ba ay tunay na pagkakilala sa sarili? Walang tunay na pagsisisi, kaya, humantong na ba sila sa pagkamuhi sa sarili nila? Kapag walang pagsisisi at walang pagkamuhi sa sarili nila, hindi talaga nila kilala ang kanilang sarili. Ang pagkakilala sa sarili na sinasabi ng mga anticristo ay naglalaman lang ng mga bagay na alam na ng lahat tungkol sa kanila, na nakikita ng lahat. Gumagamit din sila ng nakalililang na argumento at pagbibigay-katwiran sa sarili para iparamdam sa lahat na wala silang nagawang mali, at kaya pa rin nilang magsalita tungkol sa pagkakilala nila sa sarili, para mas hangaan sila ng mga tao. Kapag nakitang wala silang nagawang anumang mali pero nagninilay-nilay pa rin tungkol sa sarili nila at nagsisikap na makilala ang sarili nila, ang iniisip ng mga tao ay, “Kung talagang gumagawa siya ng mali, mas malamang na makikilala niya ang sarili niya. Lubos siyang maka-diyos!” Ano ang resulta ng ginagawang ito ng anticristo? Inililigaw nila ang mga tao. Hindi nila tunay na hinihimay-himay o inuunawa ang sarili nilang tiwaling disposisyon para may matutunang aral ang ibang tao mula rito; sa halip, ginagamit nila ang pagbabahagi tungkol sa pagkakilala nila sa sarili para hangaan sila ng mga tao. Ano ang kalikasan ng kilos na ito? (Pagpapatotoo sa sarili para ilihis ang mga tao.) Tama. Inililihis nila ang mga tao. Paanong itinuturing ito na pagkakilala sa sarili? Ito ay panlilinlang, wala nang iba. Ginagamit nila ang pagsasalita tungkol sa pagkakilala sa sarili nila para ilihis ang mga tao, para isipin ng mga tao na sila ay espirituwal, at na kilala nila ang sarili nila, para hangaan at sambahin sila ng mga tao. Ito ay isang kasuklam-suklam at maruming pagsasagawa—at ito ang kabuktutan ng mga anticristo.

May ilang tao na gumagampan ng tungkulin nila sa iglesia na malinaw na walang kakayahang umako ng mga trabahong nangangailangan ng teknikal na kasanayan, pero iginigiit nila na mapasama sa grupo. Naniniwala sila na dahil natuto na sila ng kaugnay na propesyonal na kasanayan dati, naiintindihan nila ang espesyalisasyong ito, at kabisado nila ang mga bagay-bagay, kaya iginigiit nilang kunin ang trabahong ito. Hindi nila nauunawaan ang katotohanan, at bukod pa rito, dahil hindi nila nauunawaan ang katotohanan, hindi sila nakikipagbahaginan o gumagawa nang kasama ng iba, at lalong hindi nila hinahanap ang mga katotohanang prinsipyo, iginigiit na nauunawaan at alam na nila ito. Kaya, may kaibahan ba sa pagitan ng pagkaalam tungkol sa isang propesyonal

na kasanayan at pagiging kabisado sa mga bagay-bagay sa isang banda, at ng pagkaunawa sa mga katotohanang prinsipyo sa kabilang banda? Sa pagkaalam ng isang propesyonal na kasanayan at pagiging kabisado sa mga bagay-bagay, nangangahulugan ba iyon na nauunawaan ng isang tao ang mga katotohanang prinsipyo? (Hindi.) Ang mga taong ito na walang espirituwal na pagkaunawa ay naniniwala na ang pagkaalam sa isang propesyonal na kasanayan ay nangangahulugan na nauunawaan nila ang mga katotohanang prinsipyo, at kaya mapangahas nilang nagagawa ang trabaho ayon sa sarili nilang paraan, hindi nakikinig sa sinuman, at hindi kinakailangang gawin ang trabaho ayon sa mga panuntunan ng sambahayan ng Diyos. Naniniwala sila na sarili nila itong gawain at walang ibang puwedeng makialam o magtanong sa kanila tungkol dito—ang trabaho ay magiging ayon sa kung paano nila ito gagawin, at ang ginagawa nila ay itinuturing bilang pamantayan. Hindi ba’t ganito umasal ang mga anticristo? Hindi ba’t seryosong problema ito? Kung ang isang tao ay marunong lang ng isang propesyonal na kasanayan at hindi nakakaunawa sa katotohanan, ano ang magiging mga kahihinatnan ng paggampan niya sa kanyang tungkulin? (Magsasanhi siya ng kaguluhan sa gawain ng iglesia.) Kaguluhan lang ba? Hindi ba’t magiging mayabang at palalo siya? Hindi ba’t gagawa siya ng mga bagay na magbibigay-kahihiyan sa Diyos? (Oo.) Sa pamamagitan ng paggampan sa tungkulin mo, ang epektong dapat mong makamit ay ang magpatotoo tungkol sa Diyos; hindi ka lang sumasabak sa isang propesyon, kundi dapat mong makamit ang epekto ng pagpapatotoo tungkol sa Diyos sa pamamagitan ng paggampan sa tungkulin mo, at kaya, ang propesyonal na kasanayang ito ay ginagamit lang para sa tungkuling ginagampanan mo. Ang isang propesyonal na kasanayan ay hindi kumakatawan sa katotohanan, at ang pagiging bihasa sa isang propesyonal na kasanayan ay hindi nangangahulugan na nauunawaan mo ang katotohanan o na kaya mong gawin ang trabaho ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Tutol dito ang ilang tao, sinasabi nila, “Pumunta ako sa sambahayan ng diyos, alam ko ang propesyonal na kasanayang ito, kabisado ko ang mga bagay-bagay, kaya dapat bigyan ako ng sambahayan ng diyos ng mahahalagang gampanin at tingalain ako. Hindi ako nito dapat ipahiya o pakialaman sa anumang bagay na saklaw ng propesyonal na kasanayan ko. Ako dapat ang nagtuturo sa iba. Hindi dapat isaayos ng sambahayan ng diyos na makipagtulungan sa akin ang mga taong hindi kabisado ang mga bagay-bagay. Hindi sila karapat-dapat na makipagtulungan sa akin.” Tama ba ang ganitong paraan ng pag-iisip? (Hindi.) Hindi karapat-dapat ang ibang tao na makipagtulungan sa kanila—hindi ba’t ganito mag-isip ang isang anticristo? Kung walang sinuman sa sambahayan ng Diyos ang karapat-dapat na makipagtulungan sa iyo, kung gayon, karapat-dapat ka bang gumampan sa tungkuling ito? Sino ka sa palagay mo? Naperpekto ka na ba? Hindi ka karapat-dapat gumampan sa tungkuling ito! Dahil lang sa itinataas ka ng Diyos kaya may pagkakataon kang magampanan ang tungkuling ito. Dapat mong maunawaan ang mga prinsipyo ng paggampan sa tungkulin mo. Nagpapatotoo ka ngayon sa Diyos, hindi lang basta nagtatrabaho sa isang propesyon. Ang kaunting propesyonal na

kasanayan na alam mo ay ginagamit lang para magserbisyo at magamit sa tungkuling ito. Samakatwid, kahit gaano pa kahirap sa teknikal na aspekto ang tungkuling ginagampanan mo, dapat lagi kang tumuon sa mga katotohanang prinsipyo sa bawat parte nito para makamit mo ang epekto ng pagpapatotoo sa Diyos. Kung hindi mo makamit ang epektong ito at magbibigay ng kahihiyan sa Diyos ang tungkuling ginagampanan mo, ano pa ang silbi ng mga teknikal na abilidad mo kung gayon? Magkakaroon pa ba ng anumang halaga ang mga ito? Hindi, hindi magkakaroon ng anumang halaga ang mga ito. Kaya, huwag mong ituring bilang katotohanan ang kaunting propesyonal na kasanayan at teknikal na abilidad na iyon—hindi katotohanan at hindi dapat pahalagahan ang mga ito. Kung hindi ka ginamit ng sambahayan ng Diyos, kung hindi ka itinaas ng Diyos, magiging walang saysay ang munti mong propesyonal na kasanayan at teknikal na abilidad. Kung ihahambing sa katotohanan, ang mga bagay na iyon ay hindi nagkakahalaga ng kahit isang kusing!

Masasabi na ang pagpapanggap ng mga anticristo ay isang paraang ginagamit nila para magkaroon ng puwang sa puso ng mga tao—ginagamit nila ang paraan ng pagpapanggap para ilihis at iligaw ang mga tao. Ipinapakita ng pagpapanggap ng mga taong ito na bukod sa likas nilang hindi tinatanggap o kinikilala ang katotohanan, mayroon ding mas higit pang makatotohanang interpretasyon tungkol sa mga taong ito: Wala silang espirituwal na pang-unawa. Ano ang ibig sabihin ng “wala silang espirituwal na pang-unawa”? Nangangahulugan ito na hindi nila nauunawaan ang mga salita ng Diyos o ang katotohanan. At dahil hindi nila nauunawaan ang katotohanan, wala silang ideya kung anong uri ng mga tao ang mahal ng Diyos, kaya naiisip nila ang ganitong uri ng espirituwal na tao at pagkatapos ay nagpapanggap at nagkukunwari sila. Kumikilos sila gaya ng ganitong uri ng tao, naniniwala na sa ginagawa nila ay magugustuhan sila ng Diyos at ng ibang tao. Sa katunayan, kabaligtaran ang nangyayari, dahil ang mga taong tulad nito ay ang mismong mga kinasusuklamang at kinokondena ng Diyos. Kaya, huwag kang gumaya sa ganitong tao. Kung gusto mo ring maging kagaya ng taong ito, kung madalas kang nagpapanggap at nagkukunwari sa ganitong paraan, at inililihis mo ang mga tao sa ganitong paraan, kung gayon ay sinusunod mo ang landas ng isang anticristo. Dapat mong matutunang sabihing, “Mayroon akong kahinaan, pagkanegatibo, at mga tiwaling disposisyon. Ako ay isang ordinaryong tao; hindi ako espesyal. Maraming bagay ang hindi ko nauunawaan at hindi ko alam kung paano gawin. Madalas akong mahina at nailililihis ni Satanas kaya nahuhulog ako sa tukso ni Satanas. Pagdating sa pag-aaral ng mga teknikal na kasanayan, kaya ko lang magpakadalubhasa sa isa o dalawa, at kaya kong matuto kung paano gawin ang mga ito sa pangkalahatan. Alam ko kung paano gawin ang kaunting propesyonal na kasanayang ito, at mayroon akong kaunting espesyal na kasanayan. Ordinaryong tao lang ako, wala akong mataas na kakayahan, at katamtaman lang ang pang-unawa ko. Pagdating sa katotohanan, kung ano ang ibinabahagi ng Diyos, hanggang doon lang ang nauunawaan ko. Hindi ko nauunawaan ang anumang bagay na hindi inilalahad o malinaw na ipinapaliwanag ng Diyos, at katamtaman lang ang kakayahan ko.

Ako ang pinipili ng mga kapatid na maging lider ng iglesia o lider ng pangkat, at ito ay dahil itinataas ako ng Diyos, at hindi ito dahil sa mas magaling ako kaysa sa iba. Wala akong dapat ipagmalaki.” Kaya ba ninyong sabihin ang ganitong bagay? Nasabi na ba ninyo ang ganitong bagay? Ganito ba kayo mag-isip sa puso ninyo? Kung palagi mong nararamdaman sa puso mo na ikaw ay dakila, kamangha-mangha, mas magaling kaysa sa iba, natatangi, espesyal sa kahit anong grupong kinabibilangan mo, na ikaw ang pinakamahusay, na kung gugugol ka ng isang buwan o dalawa sa isang grupo ng mga tao, masasaksihan ng lahat ang mga espesyal mong kasanayan, talento, kakayahan, at pang-unawa at makikita ka bilang mas mahusay kaysa sa mga ordinaryong tao—kung palagi mong sinusukat at inilalagay ang iyong sarili sa puso mo sa ganitong paraan, kung gayon ay lubha kang nanganganib at nasa malaking gulo.

Napakakakaunti lang sa buong sangkatauhan ang tunay na nakakaunawa sa katotohanan, at mas lalong kakaunti ang mga taong perpekto o may kakayahang gumawa ng anumang bagay—ordinaryo lang ang lahat. Iniisip ng ilang tao na hindi sila ordinaryo, kaya paano nagkakaroon ng ganitong kaisipan? Nagkakaroon ng ganitong kaisipan dahil mahusay sila sa isang bagay; may ilan na magaling sa pagkanta, may magaling sa pag-arte, may magaling sa mga teknikal na kasanayan, may magaling sa pisikal na trabaho, may magaling sa pakikisalamuha, may magaling sa politika, may magaling sa negosyo, at iba pa. Wala sa mga bagay na ito ang may kinalaman sa katotohanan, pero dahil sa mga ito, madalas kang nagkakaroon ng maling pagkaunawa at mali mong pinaniniwalaang mas magaling ka kaysa sa iba. Bakit mali na isipin mo na dahil sa mga bagay na ito ay aakalain mong mas magaling ka kaysa sa iba? Ang mga bagay na ito na magaling ka at itong tinatawag na “mas magaling kaysa sa iba” ay hindi nangangahulugang kaya mong maunawaan ang katotohanan, na kaya mong lampasan ang mga ordinaryong tao pagdating sa pag-unawa sa katotohanan, o na nagtataglay ka ng magagandang kondisyon pagdating sa paghahangad ng kaligtasan mula sa Diyos at sa pagiging nagawang perpekto—hindi ito ang ibig sabihin ng mga bagay na ito. Dapat malinaw ninyong makilala ang bagay na ito! Mula sa panahong nagsimulang bumigkas ang Diyos ng Kanyang mga salita at gumampan ng Kanyang gawain hanggang ngayon, nagsalita Siya ng hindi mabilang na mga salita at gumampan ng hindi mabilang na mga gawain, at mayroon bang kahit isang tao sa lahat ng tiwaling sangkatauhan ang nakakita sa mga pagbigkas ng Diyos na Siya ang Lumikha at na ang mga salitang binibigkas Niya ay ang katotohanan? Mayroon bang kahit isang tao na makakakita ng pagkakakilanlan at katayuan ng Diyos sa mga salita ng Diyos at pagkatapos ay tatayo upang magpatotoo sa pagkakakilanlan at katayuan ng Diyos? Wala ni isa! Pinapatunayan ng katunayang ito na, pagdating sa kakayahan, isipan, at pang-unawa ng buong sangkatauhan, wala sila ng mga kinakailangang kondisyon para sa pag-arok sa katotohanan, bukod pa sa katunayang ang lahat ng tao ay nagtataglay ng mga tiwaling disposisyon ni Satanas. Sinasabi ng ilang tao, “Kung wala kami ng kinakailangang kondisyon sa pag-arok ng katotohanan, bakit kami nakakaunawa ng kaunting katotohanan ngayon?” Hindi ba’t

iyon ay dahil napakarami Kong sinabi tungkol dito? Napakarami Ko nang sinabi na ayaw Ko nang magsalita at sawa na Akong magsalita. Sa tuwing nagsasalita at nakikipagbahaginan Ako sa inyo, kailangan Kong hati-hatiin ang mga paksa sa mga pangunahing paksa, mga panggitnang paksa, at mga pangalawang paksa, palaging ipinapaliwanag ang bagay-bagay nang detalyado, at hindi pa rin kayo nakakaunawa. Kung gayon, anong klaseng kakayahan ba ang mayroon kayo? May mga tao na sobra pa ring mayabang at mapagmagaling, pero ano ba ang dapat mong ipagmayabang? Nakikita Ko na wala namang kahanga-hanga sa karamihan sa inyo. Pagkatapos gumampan ng mga teknikal na trabaho sa loob ng napakaraming taon, ilan ba sa inyo ang tunay na nakakaunawa sa mga katotohanang prinsipyo, kayang sumunod sa mga katotohanang prinsipyo, at kayang gawin ang mga trabaho ninyo ayon sa mga prinsipyo ng katotohanan? Wala kayong nagagawang maayos na trabaho, kahit ano pa man ito, at palaging kinakailangang personal kayong turuan ng ang Itaas kung paano gawin ang bagay-bagay. Kung hindi, walang magiging tamang resulta, at kung magpapatuloy ang anumang trabaho nang walang pagsusubaybay at pagtuturo sa inyo ng ang Itaas kung paano gawin ito, lilitaw ang mga problema. Sabihin ninyo sa Akin, may maipagmamalaki ba ang ganitong mga tao? Wala, pero nagkukunwari pa rin sila bilang perpekto, espirituwal, dakila, at nakakataas na tao sa lahat ng aspekto—hindi ba't wala silang kahihiyan? Mapanggulo talaga kayo! Anuman ang paksang ibinabahagi Ko, kailangan Kong gawin ito nang detalyado, mas maraming detalye, mas mainam. Hindi sapat na ipaliwanag lang nang mas simple ang bagay-bagay. Ganito ang kakayahan at kaunting pang-unawa ng mga tao; lubha silang kahabag-habag at gayumpaman, naniniwala pa rin sila na dakila sila. Tatapusin Ko na rito ang Aking pagbabahagi tungkol sa aspektong ito.

c. Sa Pamamagitan ng Pangingibabaw sa Lahat

Ngayon, magbabahaginan tayo tungkol sa ikatlong aspekto: sa pamamagitan ng pangingibabaw sa lahat. Anuman ang ginagawa ng mga anticristo, palagi nilang gustong mangibabaw sa lahat—ito ang pinakakapansin-pansing pagpapamalas ng kalikasan nila. Kapag gusto ng sinuman na mangibabaw sa lahat, isang napakaseryosong problema nito, at mga tunay na anticristo ang lahat ng ganitong tao. Ano ang ibig sabihin ng “pangingibabaw sa lahat”? Taglay ng mga anticristo ang diwa ni Satanas, ang arkanghel; likas na ayaw nilang maging mga normal o ordinaryong tao. Kung gagawin silang mga ordinaryong tao, para mamuhay ng isang simpleng buhay, hindi sila papayag at hindi sila masisiyahan dito, at patuloy silang makikibaka. Bakit sila patuloy na makikibaka? Dahil gusto nilang mag-ingay at gumawa ng mga pakulo para mapansin ng iba, para malaman ng ibang tao na may isang nakakaangat na tao na gaya nila sa pagitan ng langit at lupa. Gusto nilang gumawa ng pangalan para sa sarili nila, para malaman ng iba na isa silang napakalaking isda sa maliit na lawa, gaya ng sinasabi ng mga walang pananampalataya. Anong uri ng mga bagay ang mga isdang ito na masyadong malaki para sa maliit na lawa? Masasamang espiritu sila, maruruming demonyo, mga arkanghel, mga Satanas,

at mga diyablo. Hindi likas na gustong palipasin ng mga anticristo ang mga araw nila nang kontento na sa kasalukuyang kalagayan ng buhay nila, nang namumuhay bilang isang ordinaryong tao; hindi sila tahimik na kumakapit sa tungkulin nila o kumikilos na parang mga ordinaryong tao na maganda ang asal—hindi sila kontento sa ganoon. Samakatwid, paano man sila umasal sa panlabas, sa kaibuturan ng kanilang puso, palagi silang malungkot sa kasalukuyang kalagayan ng buhay nila at gagawa sila ng mga partikular na bagay. Anong mga bagay? Gagawa sila ng mga partikular na bagay na hindi kayang isipin ng mga normal na tao. Gusto nilang maging sentro ng atensiyon at hindi sila magdadalawang-isip na magtiis ng kaunting hirap at magbayad ng kaunting halaga. May isang kasabihan: “Ang mga bagong opisyal ay sabik magpasikat.” Sa sandaling maging isang lider ang isang anticristo, pakiramdam niya ay dapat siyang gumawa ng ilang kahanga-hangang bagay at gumawa ng ilang “tagumpay sa propesyon niya” para patunayang hindi siya ordinaryo. Ano ang pinakamalubhang problema rito? Bagama’t gumagawa siya ng mga bagay sa iglesia, at bagama’t nagpapanggap siya na ginagampanan ang tungkulin niya, hindi siya kailanman naghahanap mula sa Diyos kung paano gampanan ang tungkulin niya o kung paano gawin nang maayos ang gawain ng iglesia, hindi rin niya taimtim na tinitiyak kung ano ang mga panuntunan ng sambahayan ng Diyos, kung ano ang mga katotohanang prinsipyo, o kung paano kumilos sa paraang kapaki-pakinabang sa gawain ng sambahayan ng Diyos at sa mga kapatid, na hindi magbibigay ng kahihyan sa Diyos, na magpapatotoo sa Diyos, na magpapahintulot sa gawain ng iglesia na umusad nang maayos, at magtitiyak na walang lilitaw na mga kapabayaang pagkakamali sa gawain niya. Hindi niya kailanman tinatanong ang tungkol sa mga bagay na ito at hindi niya kailanman inuusisa ang mga bagay na ito—wala siyang ganitong mga bagay sa puso niya, ang puso niya ay hindi puno ng mga bagay na ito. Kung gayon, ano ang inuusisa niya? Ano ang laman ng puso niya? Puno ito ng mga kaisipan tungkol sa kung paano niya maipangangalandakan ang mga talento niya, at maipapakita na naiiba siya sa karamihan, at maipapabida ang estilo niya ng pamumuno sa iglesia, para makita ng ibang mga tao na haligi siya ng iglesia, at na hindi kakayanin ng iglesia kung wala siya, at na tanging kapag naroroon siya makakausad nang maayos ang lahat ng gawain ng iglesia. Kung pagbabatayan ang mga pagpapamalas ng mga anticristo, at ang motibasyon at orihinal na motibo ng kanilang mga kilos, sa anong posisyon nila inilalagay ang sarili nila? Inilalagay nila ang sarili nila nang nangingibabaw sa lahat. At paano ito naipapamalas? (Sila ay masuwayin sa lahat at palagi nilang gusto na sila ang may huling salita, at ipinapagawa nila sa iba kung ano ang kanilang sinasabi.) May problema sa pagiging masuwayin nila sa lahat; may nakatagong kahulugan dito. Ibig sabihin, kapag ginagawa nila ang gawain ng iglesia, hindi nila ginagawa ang kanilang tungkulin, hindi rin nila isinasaalang-alang ang mga layunin ng Diyos, at kaya hindi nila nararamdaman na kailangan nilang hanapin ang mga katotohanang prinsipyo, na magabalang alamin kung ano ang mga panuntunan ng iglesia o kung anong mga prinsipyo ang hinihingi ng sambahayan ng Diyos—ni hindi nila binibigyang-pansin ang anumang

sinasabi Ko. Anong mga prinsipyo ang sinusunod nila? Sinusunod nila ang mga prinsipyo at motibasyon tulad ng paglilingkod sa iglesia at sa mga kapatid para maisakatuparan ang kanilang sariling mga gawain. Hangga't nakakakuha sila ng posisyon sa iglesia at sa mga kapatid, at nagkakaroon ng katanyagan at kapangyarihang magdesisyon, sapat na iyon, at matatamo na nila ang tinatawag nilang “resulta” sa paggawa ng kanilang tungkulin. Ano ang pakay nila? Hindi para tuparin ang tungkulin ng isang nilikha o isaalang-alang ang pasanin ng Diyos, kundi sa halip ay para paglingkuran ang iglesia at ang mga kapatid at, habang ginagawa ito, para kontrolin ang lahat ng bagay na ito. Bakit Ko sinasabing gusto nilang kontrolin ang lahat ng bagay na ito? Dahil kapag gumagawa sila ng mga bagay-bagay, una nilang itinatatag ang kanilang posisyon, para magkamit ng tiyak na kabantugan, lumalago ang kanilang reputasyon, nagkakaroon sila ng kapangyarihang mamahala at magdesisyon, at pagkatapos ay maaari nilang gawing palamuti na lang ang Diyos at palitan ang posisyon ng Diyos. Sa loob ng saklaw ng kanilang impluwensiya, ginagawa nilang palamuti na lang ang nagkatawang-taong Diyos, isang sunud-sunuran, at ito ang ibig sabihin ng “pangingibabaw sa lahat.” Hindi ba’t ito ang ginagawa ng mga anticristo? Ganito umasal ang mga anticristo. Ginagamit ng mga anticristo ang pagkakataong magawa ang kanilang tungkulin para lubusang maipamalas ang kanilang mga kaloob at talento, at maipakita ang kanilang mga natatanging kaisipan at gawa, para makuha ang pabor ng mga tao at mapansin ng mas maraming tao. Pagkatapos, nakukuha nila ang kapangyarihang mamahala, magdesisyon, at kontrolin ang mga bagay-bagay sa iglesia, at dahil dito, maraming tao ang sumusunod at nagpapasakop sa kanila, at nagiging tagalabas ang Diyos—hindi ba’t ginagawa lang nilang palamuti ang Diyos? Ito ang pakay na gustong makamit ng mga anticristo sa mga kilos nila, at ito ang nangyayari sa huli saanman naghahari ang mga anticristo.

Kung may isang anticristong humahawak ng kapangyarihan sa iglesia, ano ang magiging kalagayan ng mga kapatid doon? Gagawin lang nila kung ano ang sinasabi ng anticristo, susunod lang sila sa mga regulasyon sa lahat ng kanilang ginagawa, hindi nila mauunawaan ang katotohanan, at hindi nila hahanapin ang katotohanan. Kahit gaano man sila magdusa o gaano man kalaking halaga ang ibayad nila, hindi sila makakausad kahit kaunti sa buhay pagpasok. Maging Ako ay itatakwil sa ganitong iglesia kapag pumunta Ako roon. Kasama nila, ang anticristong ito ay isang lider sa pangalan, pero ang totoo, naging amo at diyos na nila ang anticristong ito. Sa anumang iglesia na kontrolado ng isang anticristo, ang katotohanan at ang Diyos ay nagiging mga palamuti na lang. Ito ang ibig sabihin kapag nangingibabaw ang isang anticristo sa lahat. Hindi ba’t malubha ito? Kapag ang mga tao sa isang iglesia ay kontrolado ng isang anticristo, at pumupunta roon ang mga tagalabas para magtrabaho, hindi ba’t kailangang sumunod ng mga tao sa mga pahiwatig ng amo nila sa tuwing nagsasalita at kumikilos sila? Sila ay nasasailalim sa pinag-isang utos, kumikilos nang nagkakaisa, at walang sinuman ang nangangahas magsalita nang taliwas. Sa isang tingin lang mula sa amo nila, alam na ng mga taong ito kung ano ang ibig sabihin niyon, at pagkatapos ay kumikilos sila nang naaayon. Kung

may itinatanong Ako sa kanila, nag-uusap sila sa sarili nilang diyalekto. Ibig sabihin, ayaw nilang malaman Ko kung ano ang sinasabi nila, gusto nila Akong iwasan, at itinuturing nila Akong isang tagalabas. Hindi ba't problema ito? Ano ang kalikasan ng kagustuhan nilang umiwas sa Akin? Ito ang disposisyon at diwa ng isang anticristo—nais nilang kontrolin ang iglesia at ang mga tao. Anuman ang gawin ng mga anticristo, tiyak na hindi sila gagawa ng mga bagay ayon sa mga katotohanang prinsipyo, lalong hindi nila isasaalang-alang ang mga interes ng sambahayan ng Diyos; sinusubukan nilang magtatag ng sarili nilang mga kaharian at magsagawa ng sarili nilang mga proyekto. Paano ito matatawag na paggawa sa tungkulin nila? Ito ay ang pagtatatag nila ng sarili nilang mga kaharian sa ilalim ng pagpapanggap na paggawa ng kanilang tungkulin. Dahil may ganitong uri ng kalikasan ang mga anticristo, kahit na hindi nila sabihing personal nilang mahal at gusto ang katayuan, sa oras na may gagawin sila at iuunat ang kanilang kamay, mabilis nilang tatahakin ang landas ng mga anticristo, mabubunyag ang demonyo nilang kalikasan, at susubukan nilang magtatag ng sarili nilang mga kaharian. Sa sandaling may gagawin silang anumang bagay, susubukan nilang asikasuhin ang sarili nilang mga proyekto; sa sandaling may gagawin silang anumang bagay, susubukan nilang magpatuloy sa sarili nilang mga diskarte at pamamaraan. Kapag may isinasaayos ang ang Itaas at umaabot ito sa kanila, hindi ito ipinapatupad ng mga anticristo, kundi sa halip ay pinag-aaralan nila ito, pinag-iisipang mabuti, at pinagbabahaginan. Ano ang pakay nila sa pagbabahaginan tungkol dito? Para mahimok ang lahat na pag-usapan ito para makita kung ito ba ay tatanggapin o hindi, at kung magagamit ba ito o hindi—hindi para isakatuparan ito. Ang lahat ng sinasabi at ginagawa ng Diyos ay ang katotohanan, pero nagbabago ito kapag umabot na ito sa isang anticristo; ito ay nagiging isang bagay na kailangan niyang pag-aralan. Inaaral, sinusuri, at tinatalakay niya ito, at sa huli, hinihimok niya ang lahat na tanggihan ang mga hinihingi ng Diyos sa tao at ang mga iniaayos ng Diyos. Sa puso niya, iniisip niya, “Hindi ikaw ang katotohanan, isa ka lang ordinaryong tao. Walang halaga ang sinasabi mo, at kung gusto mong ikaw ang may huling salita sa aking nasasakupan, kalimutan mo na lang iyon! Ako na ang namamahala rito, kaya kailangang gawin ng lahat ang sinasabi ko. Mayroon akong ganap na kapangyarihan para magdesisyon at gumawa ng mga desisyon, at puwede ka lang maging isang palamuti rito. Ako dapat ang may huling salita sa lahat ng bagay sa loob ng saklaw ng aking gawain at impluwensiya. Kahit pa nauunawaan mo ang katotohanan, at ang lahat ng sinasabi mo ay katotohanan, hindi iyon uubra sa akin!” Isa itong anticristo at diyablo, hindi ba? Kaya, kapag narating nila ang teritoryo ng isang anticristo, hindi naipapatupad kahit kaunti ang mga pagsasaayos ng gawain ng iglesia, ang mga hinihingi ng ang Itaas, at ang mga katotohanang prinsipyo. Ano ang puwedeng gawin sa mga bagay na ito na hindi naipapatupad? Kapag hindi ipinapatupad ng iglesia ang mga ito, ibig sabihin ay may problema sa mga lider at manggagawa roon, at ang mga balakid at hadlang na ito ay dapat asikasuhin. Sa tingin mo ba ay walang kayang gawin ang sambahayan ng Diyos sa iyo? Kung kaya kang gamitin ng sambahayan ng Diyos, kaya ka rin nitong pangasiwaan. Sa tingin mo ba ay ito

ang mundo? Sa tingin mo ba na kung mayroon kang impluwensiya, umaasta na parang isang maniniil, at kung lubos kang malupit, mapang-api, at mapanira, wala nang kayang gawin ang sinuman sa iyo? Kung ganoon, nagkakamali ka! Ito ang sambahayan ng Diyos, pinamumunuan ng katotohanan ang sambahayan ng Diyos, at maprinsipyo nitong tinatrato ang mga tao. Maaari kang gamitin ng sambahayan ng Diyos, at hindi gamitin at itiwag ng sambahayan ng Diyos—kung gagamitin ka man o hindi ay napagpapasyahan ng isang salita mula sa Diyos. Kung magdudulot ka ng mga kaguluhan at hahadlang sa mga bagay sa hindi makatwirang paraan dito, sa huli ay ititiwalag ka; kung magsusumikap kang magserbisyo, kung mananatili ka rito at marunong kang lumugar at umasal nang tama, papanatilihin ka ng sambahayan ng Diyos para magserbisyo at titingnan Niya ang kalalabasan ng iyong pagseserbisyo.

Ang diwa ng mga anticristong nagtatatag ng sarili nilang mga kaharian ay ang pangingibabaw sa lahat, pagbabalewala sa Diyos, pagbabalewala sa katotohanan, at pagbabalewala sa mga panuntunan ng iglesia. Pinaglilingkuran lang nila ang pangalang “iglesia,” pinaglilingkuran lang ang titulong “sambahayan ng Diyos,” pinaglilingkuran lang nila ang grupo ng mga tao na tinatawag na “mga kapatid,” at hindi nila kailanman ginagawa ang tungkulin ng isang nilikha, lalong hindi sila sumusunod sa Diyos o nagpapasakop sa Kanyang mga salita—ito ay pagtatatag nila ng sarili nilang mga kaharian. Ito ang diwa ng mga anticristo, at ang diwang ito ay ang pangingibabaw sa lahat. Ngayon, ang diwa bang ito ay kinokondena o sinasang-ayunan? (Kinokondena.) At dahil kinokondena ito, dapat itakwil ang mga taong ito sa hanay ninyo. Sinusunod, pinupuri, hinahangaan, at sinasamba ng ilang taong naguguluhan, mangmang, at bulag ang ganitong mga tao kapag nakikita nila ang mga ito, at gusto pa nga nilang yumukod sa mga ito—napakahangal nila! Saan ka aakayin ng mga anticristo? Kapag inaakay ka nila, para itong malaking pulang dragon na inaakay ka, at hindi sila titigil hanggang sa maligaw ka o madala ka nila sa walang-hanggang hukay. Kapag ganap ka na nilang nasira, sisipain ka nila; wala kang anumang mapapala, at magiging walang saysay ang pananampalataya mo sa Diyos. Kung bulag kayo at hindi ninyo nakikita ang tunay na kulay ng mga taong ito, at tumatalima, nagpapasakop, at sumusunod kayo sa mga taong ito, kung gayon, mga lubos kayong mangmang, at nararapat lang kayong mamatay. Kaya, ano ang dapat ninyong gawin kung makatagpo kayo ng ganitong tao? Kapag nakatagpo kayo ng isang tao sa iglesia na nagkukunwari at nagpapanggap, na nangingibabaw sa lahat kapag gumagawa ng anumang bagay, isang taong humahamak sa katotohanan, humahamak sa Diyos, at humahamak sa mga panuntunan ng iglesia, dapat manindigan ang lahat na pungusan at itakwil sila. Kung kaya nilang magtrabaho sa sambahayan ng Diyos nang may maayos na pag-uugali, hayaan silang magtrabaho; pero kung hindi maayos ang pag-uugali nila at palagi nilang hinahadlangan ang mga bagay-bagay nang walang katwiran, kailangan ninyong ipatupad ang mga atas administratibo ng sambahayan ng Diyos at alisin sila.

Mayo 23, 2020

Ikasampung Aytem: Hinahamak Nila ang Katotohanan, Lantarang Nilalabag ang mga Prinsipyo, at Binabalewala ang mga Pagsasaayos ng Sambahayan ng Diyos (Unang Bahagi)

Bago natin simulan ang ating pagtitipon ngayon, makikinig tayo sa isang usapan. May dalawang taong nag-uusap. Sabi ng una: “Kung pupungusan ako, aayaw na ang mga kapatid sa paggawa ng kanilang mga tungkulin.” Sabi naman ng pangalawa, “Aayaw na sila sa paggawa ng kanilang mga tungkulin? Wala iyan. Kung matatanggal ako, magiging negatibo at mahina ang mga kapatid.” Nang makita ng una na nahigitan siya, sinabi niya: “Kung titigil ako sa pananampalataya, susunod lahat sa akin ang mga kapatid na nasa lugar ko.” Nang marinig ito ng pangalawa, sinabi nito, “Buweno, kung gayon, mas maimpluwensiya ka kaysa sa akin. Gayumpaman, kung paaalisin ako, maraming tao sa ating iglesia ang titigil sa pananampalataya. Ano sa palagay mo? Mas maimpluwensiya ako kaysa sa iyo, hindi ba?” Nauunawaan ba ninyo ang sinasabi nila sa usapang ito? Tungkol saan ang paligsahan nilang dalawa? (Nagpapaligsahan sila kung sino ang mas kayang makakuha ng loob ng mga tao, kung sino ang mas kayang magtatag ng nagsasariling kaharian; tinitingnan nila kung sino ang mas tuso nang bahagya sa kanilang dalawa.) Nagpapaligsahan sila kung sino ang mas tuso, kung sino ang mas may kakayahan, sino ang mas may abilidad, at kung sino sa kanila ang mas marami nang nakuhang loob ng mga tao. Nagpapaligsahan ba sila kung sino sa kanila ang mas may katotohanang realidad? Kung sino sa kanila ang mas may pagkatao? Kung sino sa kanila ang mas nakakaunawa sa katotohanan? (Hindi. Nagpapaligsahan sila kung sino sa kanila ang ipagtatanggol agad ng mas maraming tao kung tatanggalin sila, o kung paaalisin sila.) Nagpapaligsahan sila sa anong uri ng abilidad? Nagpapaligsahan sila kung sino ang mas may kakayahang kontrolin, bitagin, at ilihis ang mga tao. Hulaan ninyo: Anong klase ng mga tao ang dalawang ito? (Pareho silang mga anticristo.) Ano sila? Hindi ba’t sila ay parehong masamang tao, parehong tirano? (Ganoon nga sila.) Malinaw na sila ay parehong masamang tao—tahasan silang nagpapaligsahan kung sino sa kanila ang mas may kakayahang gumawa ng masama, kung sino ang mas kayang manlihis at magkontrol ng mga tao, kung sino ang mas kayang makuha ang loob ng mga tao, kung sino ang mas mahusay na makipagpaligsahan sa Diyos para sa Kanyang hinirang na mga tao. Kung sinuman sa kanila ang makakakontrol ng mas maraming tao, siya ang mas may kakayahan. Nagpapaligsahan sila tungkol doon. Sabihin ninyo sa Akin, may mga anticristo ba na may ganitong mga paligsahan? (Mayroon.) Hayagan ba nila itong ginagawa, o nagpapaligsahan ba sila nang palihim? (Palihim.) Kaya, umiiral ba ang nilalaman ng usapan ng dalawa sa kuwentong ito? Totoo ba ito? (Oo, umiiral at totoo ito.) Dahil nagpapaligsahan sila nang palihim, tahasan ba nilang sasabihin ang

mga bagay na ito? Tuso at buktot ang napakarami sa mga anticristo; hindi nila hayagan o direktang sasabihin iyon, para hindi nila mabigyan ng bala ang mga tao na magagamit laban sa kanila. Pero ganito sila mag-isip nang palihim, at ito talaga ang kanilang ginagawa. Kahit paano man nila subukang pagtakpan ang mga bagay, at itago ang mga bagay, at magbalatkayo, hindi nila mapagtataktan ang kanilang kalikasan na anticristo at mapaminsala. Siguradong mabubunyag ang lahat ng ito. Maaaring hindi sila magsalita, at walang hayagang maririnig ang iba, pero kumikilos sila nang walang kahit kaunting pagkukubli o kalabuan, nang walang pagtatago o paglilihim. Hindi rin sila kumikilos habang nakatalikod ang mga tao, lalong hindi sila nakikipagkompromiso. Walang kalabuan o pagkaburara sa kanilang mga pag-uugali at pagkilos para bitagin, ilihis, kontrolin ang mga tao, at magtatag ng nagsasariling kaharian. Tahasan silang sumasalungat sa Diyos, at tahasan nilang binibitag at nililihis ang mga tao. Umaasa silang kung mapupungusan sila, maraming kapatid ang magtatanggol sa kanila, na sasalungat ang mga ito sa Diyos at sa Kanyang sambahayan, na magiging negatibo at tamad ang mga ito, at hindi gagawin ang mga tungkulin ng mga ito. Iyon ang magpapasaya sa kanila at tutupad ng kanilang kagustuhan. Kung tatanggalin sila, gustong-gusto nilang maraming tao ang magiging negatibo, na magsasalita para sa kanila, at magtatanggol sa kanila, at magbibigay ng mga paliwanag at argumento para sa kanila, nang walang nakakakita. Gustong-gusto nilang itala ng mga tao ang kanilang mga merito, na ipagtanggol ng mga ito ang kanilang pagiging tama—at husgahan at kondenahin pa nga ang mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos, na lihim na lumaban sa Diyos sa kanilang puso, na itanggi ang Kanyang katuwiran, at itanggi na ang lahat ng Kanyang sinasabi at ginagawa ay ang katotohanan, na mga positibong bagay ang lahat ng ito. At kung titigil sila sa pananampalataya, gustong-gusto nila na sumunod ang lahat sa kanilang hindi pananampalataya, na umalis kasama nila, na maging kanilang mga tagasunod; gustong-gusto nila na itanggi ng lahat na ang Diyos ang katotohanan, at maniwala ang mga ito na nasa kanila ang katotohanan, na tama ang lahat ng kanilang ginagawa, at na kaya nilang baguhin ang mga tao at iligtas ang mga ito. Kung paaalisin o patatalsikin sila ng iglesia dahil sa paggawa ng masama, nagiging gustong-gusto nila na itatanggol ng maraming tao ang pag-iral ng Diyos at babalik ang mga tao sa mundo, kung saan sila ay magiging mga taong hindi nananampalataya. Ikasisiya nila iyon. Ito ang magbabalik ng balanse sa kanilang puso, at magiging kaluwagan para sa kanila. Ang mga pagbubunyag na ito ng isang satanikong disposisyon, ang mga pag-uugaling ito, ang mga diwang ito, at maging ang mga masalimuot, detalyadong ideya at kaisipan na ito—sino ba ang kinakatawan ng mga ito? Tunay bang mga kapatid ang mga taong ito? May tunay ba silang pananalig sa Diyos? Tunay ba silang nagpapasakop sa Diyos? May kahit katiting ba silang takot sa Diyos? (Wala.) Mula rito, makikita na sa diwa, tutol sa at kaaway ng Diyos ang mga anticristo. Tumpak ba ang pahayag na ito? Ito ba ang katotohanan? (Tumpak ito, at ito ang katotohanan.) Isandaang porsiyento na ganito nga ang mga bagay-bagay. Ang pahayag na ito ay ang katotohanan, hindang-hindi ito nagkakamali, dahil isa itong katunayan, isang katunayang hindi nagbabago magpakailanman. Ganoon mag-isip ang mga anticristo,

at iyon ang kanilang ginagawa. Ang lahat ng kanilang kilos at gawa ay pinamamahalaan ng kanilang mga personal na ambisyon at pagnanais, at pinamamahalaan at inuudyukan ng kalikasan ng mga anticristo. Kung gayon, maililigtas ba ang mga taong tulad ng mga anticristo? (Hindi.) Mapanlaban sila sa Diyos sa bawat pagkakataon, mapanlaban sa katotohanan sa bawat pagkakataon. Sinuman, sa pananaw nila, ang pumipinsala sa kanilang mga interes, sinuman ang nagdudulot ng kawalan sa kanilang reputasyon, na pinagkakaitan sila ng kanilang mga pagnanais at ambisyon, ng kanilang pag-asa na mapagpala, mag-aalsa at magiging kaaway sila ng mga ito—tama man o mali ang kanilang ginawa. Iyon ang kalikasan ng mga anticristo. Kaya, anumang mga mali at masamang bagay ang nagawa ng mga taong tulad ng mga anticristo, o anumang mga bagay ang kanilang nagawa na sumasalungat sa mga prinsipyo at mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, hindi nila papayagan ang iba na pungusan sila, o ilantad at pangasiwaan sila. Sa sandaling mangyari ang mga bagay na ito sa kanila, hindi lang sila mabibigong magpasakop sa mga ito at tanggapin ang mga ito, o mabibigong kilalanin na ang kanilang ginawa ay isang masamang gawa—hindi, gagawa sila ng mga huwad na kontra-akusasyon, at susubukan nilang ibalik ang kanilang magandang reputasyon sa anumang paraang kinakailangan. Sa anumang paraang magagamit nila, susubukan nilang isisi sa iba ang kanilang mga kasalanan, ang kanilang mga pagkakamali, at wala silang aakuang anumang pananagutan. At higit pa roon: Ang kanilang pinakamalaking kagustuhan ay na malinlang at malihis ang mga tao para ang mga ito ang magdahilan para sa kanilang masasamang gawa at magtanggol sa kanila, at na mas maraming tao ang maaaring tumindig at magsalita para sa kanila. Ito ang pinakagusto nilang makita.

Tatapusin na natin ang ating kuwento rito. Tama ang inyong hula: Talagang mga anticristo ang dalawang iyon. Tanging mga anticristo lamang ang maaaring magkaroon ng gayong usapan, magbigay ng gayong mga pahayag, at magnais ng gayong mga bagay. Maaaring magkaroon paminsan-minsan ang mga normal at tiwaling tao ng gayong mga ideya, pero kapag totoong may nangyari nga sa kanila, babalik sila sa harap ng Diyos para maghanap at magdasal. Unti-unti, magagawa nilang magpasakop. Ang lahat ng tunay na mananampalataya, ang lahat ng may konsensiya at katwiran, ay magkakaroon ng bahagyang may-takot-sa-Diyos na puso kapag sila ay pinungusan o tinanggal. Magkakaroon sila ng bahagyang saloobin ng pagpapasakop, ng kahandaang magpasakop. Ayaw nilang maging salungat sa Diyos, na maging tutol sa Kanya. Ganito dapat kumilos ang isang ordinaryong tao na may tiwaling disposisyon. Gayumpaman, walang ganitong taglay ang isang anticristo. Kahit gaano karaming sermon ang kanilang marinig, hindi nila bibitiwan ang kanilang mga pagnanais, at hindi nila bibitiwan ang kanilang mga ambisyon tulad ng pangongontrol, pagkuha ng loob, at panlilihis sa mga tao. Higit pa rito, hindi talaga mababawasan ang mga bagay na iyon; habang lumilipas ang panahon at nagbabago ang mga sitwasyon, lalong lalala, lalong lalaki ang kanilang mga ambisyon at pagnanais. Ito ang pangunahing pagkakaiba sa pagitan ng kalikasang diwa ng mga anticristo at ng mga ordinaryo at tiwaling tao.

Natapos na natin ngayon ang ating pagbabahaginan sa ikasiyam na aytem ng iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo. Ngayon, magbabahaginan naman tayo sa ikasampung aytem: Hinahamak nila ang katotohanan, lantarang nilalabag ang mga prinsipyo, at binabalewala ang mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos. Hinahamak ang katotohanan, lantarang nilalabag ang mga prinsipyo, at binabalewala ang mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos—kahit alin sa mga ito ay sapat nang malubha, at wala sa mga ito ang pagpapakita ng isang ordinaryo at tiwaling disposisyon. Makikita sa alinman sa mga ito na ang diwa ng mga anticristo na taglay nila ay may kasamang kalupitan at kabuktutan. Ito ang dalawang malinaw at malubhang elemento. Sa pagkakataong ito, magagamit ba ang kayabangan, pagkamatigas ng kalooban, at panlilinlang para ilarawan ang diwa ng mga anticristo? (Hindi.) Magiging mahirap na maipaliwanag nang lubusan ang mga katangiang ito ng diwa ng isang anticristo gamit ang mga pagsasalarawan na iyon. Tanging ang dalawang disposisyon ng kalupitan at kabuktutan ang maaaring gamitin upang ganap na ibuod ang diwa ng mga anticristo.

Tatalakayin natin ang mga ito nang isa-isa. Hinahamak nila ang katotohanan—ano ang ibig sabihin ng “hinahamak”? (Ang balewalain ang isang bagay.) (Ang maliitin, alipustahin, at hindi pahalagahan ang isang bagay.) (Ang isiping ang isang bagay ay hindi karapat-dapat sa paggalang.) Ang mga salitang ginagamit ninyo ay halos pare-pareho ang ibig sabihin. Ang “paghamak” sa isang bagay ay nangangahulugan na balewalain, hamakin, hindi pahalagahan, maliitin, at alipustahin ito. Sa pangkalahatan, nangangahulugan ito ng paglaban sa isang bagay, ng pagkasuklam dito, at pagkapoot dito, mula sa kaibuturan ng puso, at hindi pagtanggap dito, at maging pagkondena rito, kasama na ang mapanlaban na paghatol at paninirang-puri. Paano ito maikukumpara sa ilang antas sa sinabi ninyo? (Mas detalyado at partikular ito.) Mas tiyak at praktikal ito kaysa sa sinabi ninyo. Karamihan sa mga pakahulugan na ibinigay ninyo ay mga kasingkahulugan ng “paghamak.” Ang sinabi Ko ay isang karagdagang pagpipino sa diwa ng pagkilos at pag-uugali ng “paghamak”; ito ay isang kongkreto, detalyadong paglalarawan ng pag-uugali at diwa ng paghamak sa katotohanan. Nangangahulugan ito na kapag hinahamak ng isang tao ang katotohanan, sa kanyang ginagawa, sa kung paano niya tinatrato ang katotohanan sa kanyang pang-araw-araw na buhay, at sa saloobin na kanyang isinasapuso tungo sa mga bagay na may kinalaman sa katotohanan at mga positibong bagay, makikita ng mga tao na ang kanilang saloobin tungo sa katotohanan ay ganito: hindi pagtanggap, paglaban, at pagtutol dito—at maging paghatol, pagkondena, at paninirang-puri pa nga rito. Pawang mga partikular na paraan ito kung paanong ang “paghamak sa katotohanan” ay naipapamalas at naibubunyag—sobrang partikular na kasama na ang bawat aspekto ng mga saloobin ng isang tao sa katotohanan at mga pagharap niya rito: Nasusuklam siya sa katotohanan, sa mga salita ng Diyos, at sa mga positibong bagay. Nilalabanan niya ang mga ito mula sa kaibuturan ng kanyang puso, at hindi niya ito tinatanggap. Kapag sinabi mo sa kanya na ang isang bagay ay mga salita ng Diyos, na ito ang katotohanan, ano ang magiging saloobin niya? “Ang mga

salita ng diyos, ang katotohanan—anong pakialam ko! Ginagamit mo ang mga salita ng diyos at ang katotohanan kapalit ng lahat ng bagay. Wala bang iba pang bagay sa buhay nating mga tao bukod sa mga salita ng diyos? Nakabasa na kami ng maraming aklat, natuto na kami ng maraming kaalaman—wala bang saysay ang lahat ng iyon? May utak at isip ang mga tao; may kakayahan silang mag-isip ng tungkol sa mga problema nang sila lang. Ibinabatay ang lahat ng bagay sa mga salita ng diyos at sa katotohanan—hindi ba’t medyo masyadong dogmatiko iyon?” Ano ang magiging saloobin nila kapag may nangyari sa kanila, at sinasabi mo sa kanila na kailangan nilang magdasal sa Diyos, hanapin Siya, at basahin ang Kanyang mga salita? “Basahin ang mga salita ng diyos? Kapag may nangyari sa atin, problema na natin iyon. Ano ang kinalaman ng mga problema ng tao sa diyos? Ano ang kinalaman ng mga ito sa katotohanan? Talaga bang iniisip mo na nasa mga salita ng diyos ang lahat, na parang ensiklopedya ang mga ito? Hindi naman nababanggit sa mga salita ng diyos ang lahat ng bagay. Dapat pangasiwaan ng mga tao ang mga problema ng mga tao, at ang mga partikular na problema ay humihingi ng mga partikular na solusyon. At kung hindi mo kayang pangasiwaan ang isang bagay, hanapin mo ito sa internet, o kumonsulta ka sa isang eksperto tungkol dito. Mayroon pa ngang mga propesor sa kolehiyo rito sa ating iglesia, at marami sa mga kapatid ang mga estudyante sa kolehiyo. Hindi ba’t lahat tayo ay makatatapat sa katotohanan?” Sa sandaling mabanggit mo ang paghahanap sa Diyos at paghahanap sa katotohanan, sa sandaling sabihin mo na kailangan nilang basahin ang mga salita ng Diyos, hinahamak ka nila mula sa kaibuturan ng puso nila. Ayaw nilang magsagawa nang ganoon; tingin nila ay masyado iyong nakakababa at nakakahiya, at iniisip nilang magmumukha silang walang kakayahan. Hindi ba’t ito ay isang anyo ng paghamak sa isang bagay? Isa itong aktuwal na pagpapamalas, isang aktuwal na pag-uugali, ng paghamak sa katotohanan. Ang ganitong mga tao ay hindi kakaunti. Maaaring madalas silang makinig ng mga sermon, at may hawak na mga aklat ng mga salita ng Diyos, at nagsasagawa ng mga tungkulin sa sambahayan ng Diyos, pero kapag may nangyari sa kanila, at sinabihan silang hanapin ang katotohanan at basahin ang mga salita ng Diyos, sila ay natatawa at tutol dito. Hindi nila ito matanggap; nasusuklam pa nga sila rito. Kaya kapag may nangyari sa kanila, gumagamit sila ng mga pamamaraan ng tao para lutasin ito, iginigiit nila: “Ang mga partikular na usapin ay humihingi ng mga partikular na solusyon, at ang mga isyu ng tao ay dapat lutasin ng mga tao. Hindi na kailangan pang hanapin ang diyos. Hindi na kailangang pangasiwaan ng diyos ang lahat ng bagay. Saka, may ilang bagay na hindi kayang pangasiwaan ng diyos. Mga pribadong usapin na namin ang mga iyon, na walang kinalaman sa diyos, at walang kinalaman sa katotohanan. Hindi dapat makialam ang diyos sa aming personal na kalayaan, at hindi niya dapat pakialaman ang aming mga pribadong usapin. May karapatan kaming pumili—at may karapatan kaming pumili kung paano kami mamumuhay, kung paano aasal, at kung paano kami magsasalita. Ang katotohanan at ang mga salita ng diyos ay para sa mga panahon ng pinakamalaking pangangailangan, para sa mga kritikal na panahon, para

sa mga oras ng pinakamatinding pangangailangan, kapag may nangyari sa isang tao na hindi niya malutas, na wala siyang magawa—iyon ang oras na dapat niyang ilabas ang mga salita ng diyos at basahin ang mga ito nang kaunti, para makaginhawa, para mabigyan siya ng kaunting espirituwal na kaginhawahan. Sapat na iyon.” Makikita rito na ang saloobin sa katotohanan ng mga taong tulad ng mga anticristo ay malinaw na isang saloobin na hindi kinikilala na ang katotohanan ay maaaring maging buhay ng tao, o na ang mga salita ng Diyos ay may kaugnayan sa lahat ng nangyayari sa mga tao sa kanilang tunay na buhay. At lalong hindi nila pinaniniwalaan ang katunayan na hawak ng Diyos sa Kanyang kamay ang lahat ng may kinalaman sa tao.

Hinahamak ng mga anticristo ang katotohanan; marami itong saklaw. Ano ang ibig sabihin ng pagsasabing hinahamak ng mga anticristo ang katotohanan? Ano ang saklaw nito? Hahatiin natin ito sa tatlong aytem para sa paghihimay. Magiging mas malinaw ito sa inyo sa ganoong paraan. Una, hinahamak nila ang pagkakakilanlan at diwa ng Diyos. Hindi ba’t kumakatawan sa katotohanan ang pagkakakilanlan at diwa ng Diyos? (Oo.) Pangalawa, hinahamak nila ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos. Hindi ba’t ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos at ang gawaing Kanyang ginagawa ay ang katotohanan? (Oo.) Ang natitira ay hinahamak nila ang mga salita ng Diyos. Ang una ay hinahamak nila ang pagkakakilanlan at diwa ng Diyos; ang pangalawa ay puwedeng paikliin at sabihing hinahamak nila si Cristo; at ang pangatlo ay hinahamak nila ang mga salita ng Diyos. Magpapatuloy tayo para himayin nang magkakahiwalay ang bawat isa sa mga ito.

I. Hinahamak ang Pagkakakilanlan at Diwa ng Diyos

Una nating pagbabahaginan ang uri ng saloobin ng mga anticristo sa pagkakakilanlan at diwa ng Diyos, na magpapatunay na hinahamak nila ang katotohanan sa aspektong ito. Ano ang saloobin ng isang anticristo sa pagkakakilanlan at diwa ng Diyos? Ano ang iniisip niya tungkol sa mga bagay na iyon? Paano niya binibigyang-kahulugan ang mga iyon? Paano niya tinitingnan ang mga iyon? Ano ang saklaw ng diwa ng Diyos? Ang matuwid na disposisyon ng Diyos, ang Kanyang pagkamakapangyarihan-sa-lahat, ang Kanyang kabanalan, at ang Kanyang pagiging natatangi. Tungkol naman sa katunayan na ang Kanyang pagkakakilanlan ay ang Lumikha, na Siya ang may kataas-taasang kapangyarihan sa kapalaran ng buong sangkatauhan, kinikilala ba ito ng mga anticristo? (Hindi.) Paano partikular na naipapamalas na hindi nila ito inaamin? (Hindi tinatanggap ng mga anticristo ang mga tao, pangyayari, at bagay na dumarating sa kanila araw-araw mula sa Diyos; sa halip, masyado lang nilang sinusuri ang mga isyung iyon, at tinutugunan ang mga iyon gamit ang mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao.) Tutugunan nila ang mga iyon gamit ang mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao? Tama ang unang bahagi ng sinabi mo: Kapag may nangyari sa isang anticristo, masyado lang niyang susuriin ang isyu. Ang ikalawang bahagi naman, kung saan sinabi mo na tutugunan niya ang mga bagay gamit ang mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao—mga ugali iyon na

ginagawa ng mga ordinaryo at tiwaling tao. Ang pinagbabahaginan at inilalantad natin dito ay iyong hinahamak ng mga anticristo ang katotohanan at ang katunayan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa kapalaran ng sangkatauhan. Para makahanap ng ebidensiya para doon, kailangang maghanap ka ng mga nauugnay na pamamaraan at pag-uugali ng mga anticristo. Sa katunayan, inaamin nga ng mga anticristo sa kanilang mga salita na “ang tao ay nilikha ng diyos, ang kapalaran ng tao ay nasa mga kamay ng diyos, at dapat magpasakop ang mga tao sa kapamahalaan ng diyos”—pero ganoon ba nila tinatanggap ito kapag nangyayari sa kanila ang mga bagay-bagay? Talagang maganda at tama ang mga salitang sinasabi nila, pero hindi sila ganoon magsagawa kapag may nangyayari sa kanila. Ang kanilang pamamaraan at saloobin sa mga bagay-bagay kapag may nangyayari sa kanila ang nagbubunyag na ang mga salitang sinasabi nila ay pawang mga islogan lamang, hindi tunay na kaalaman. Kapag may nangyayari sa kanila, anong uri ng mga pananaw, kaisipan, pahayag, at saloobin ang mayroon sila na nagpapatunay na mayroon silang diwa ng isang anticristo? Kapag may nangyari sa isang anticristo, kaya ba niyang tanggapin ang katunayang ito bilang kanyang unang reaksiyon? Ang kumalma at magpasakop sa harap ng Diyos, at ang tanggapin ang kapaligiran na inihanda ng Diyos, mabuti man o masama, at kung kapaki-pakinabang man ito sa kanya o hindi—iyon ba ang uri ng saloobing mayroon siya? Maliwanag na wala siyang gayong saloobin. Ang una niyang isinasaalang-alang kapag may nangyayari sa kanya ay kung paano ito nakakaapekto sa kanyang mga interes at posisyon; pagkatapos, gumagawa siya ng mga paraan para makaalis dito, para makahanap ng labasan, para maiwasan ito. Ayaw niyang akuin ang responsabilidad para sa naturang bagay, hindi tuwiran na naghahanap siya ng mga pangangatwiran at palusot; gumagamit siya ng mga pamamaraan ng tao para lutasin ito, at ginagamit niya ang kanyang utak upang suriin at tugunan ang isyu. Ipinapasa pa niya ang responsabilidad sa iba, nagrereklamo na ang taong iyon ay mali at ang isa naman ay hindi sumusunod sa ipinagawa, habang nagsisisi tulad ng lagi nilang ginagawa na siya ay walang-ingat at pabaya sa simula pa lamang, na kumilos siya sa ganito at ganyang paraan sa simula pa lamang. Maliwanag na mayroon siyang saloobin na lumalaban, umiiwas, tumatanggi, at hindi tumatanggap sa mga sitwasyong dumarating sa kanya, sa mga sitwasyong pinamamatnugutan ng Diyos. Ang kanyang unang reaksiyon sa mga kalagayang iyon ay ang labanan ang pagdating ng mga ito; ang pangalawa ay ang gumamit ng mga pamamaraan ng tao para ayusin ang mga ito, ang lampasan ang bagyo sa pamamagitan ng mga pamamaraan ng tao, at ang gamitin pa nga ang mga pamamaraan ng tao para pagtakpan ang mga katunayan, at pagtakpan ang mga kawalan na dulot ng mga ito sa gawain ng iglesia at sa buhay pagpasok ng mga kapatid. Ginugugol niya ang lahat ng kanyang mental na enerhiya sa paggamit ng mga pamamaraan ng tao para pagtakpan at itago ang kanyang masasamang gawain. Hindi niya inaamin ang kalikasan ng masasamang bagay na kanyang ginawa, o kung aling mga katotohanang prinsipyo ang kanyang nilabag, pinagsasabihan pa nga niya ang mga nasa paligid niya: “Huwag ninyo

itong ipaalam. Walang magsasabi ng kahit na ano; walang ibang dapat na makaalam.” Bukod sa hindi siya nagpapasakop at ayaw niyang tanggapin ang mga sitwasyong ito—gumagawa rin siya ng mga huwad na kontra-akusasyon, nanlalansi at may itinatago, sinusubukan niyang ikubli ang mga tunay na pangyayari, umaasa siyang magiging maliit ang isang malaking bagay, para mabawasan ang kahalagahan nito, para hindi malaman ng kanyang mga nakatataas na lider o ng Diyos ang tungkol dito. Ganito pinapangasiwaan ng mga anticristo ang mga bagay na nangyayari sa kanila. Ang kanilang pangangasiwa ba sa mga bagay ay naaayon sa mga islogan na kanilang isinisigaw? Sa pagitan ng mga islogan na kanilang isinisigaw at ng kanilang saloobin kapag may nangyayari sa kanila, alin ang pagbubunyag ng kanilang kalikasang diwa? (Ang kanilang saloobin kapag may nangyayari sa kanila.) Kung gayon, ano ang mismong saloobin na iyon? Mayroon ba silang saloobin ng pagpapasakop? Mayroon ba silang gayong saloobin na mapagpakumbabang tumatanggap ng pagdidisiplina at pagpupungos ng Diyos sa kanila? Handa ba silang magpasakop sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos? Ang kanilang saloobin at tunay na mga ugali ba ay iyong may tunay na pananampalataya na anuman ang mangyari sa kanila, ang Diyos ang Siyang may hawak ng kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng sa tao? (Hindi.) Hinding-hindi. Kung gayon, ano ang kanilang saloobin? Malinaw naman: Layon nilang tanggiin ang mga bagay, pagtakpan ang mga bagay, at manlinlang; layon nilang kumontra hanggang sa huli, at huwag hayaan ang Diyos na kumilos o maging ang may kataas-taasang kapangyarihan. Iniisip nila na mayroon silang kakayahan at kapasidad na itama ang lahat. Sa kanilang teritoryo, walang sinumang maaaring makialam sa kanilang gawain o pamahalaan sila—dapat sila ang may pinakaawtoridad. Ang diyos ba na kanilang pinaniniwalaan ay umiiral pa rin sa sandaling iyon? Hindi na—isa na siya ngayong hungkag na katawan. Kaya, ano ang kanilang pananalig sa sandaling iyon? Ito ay malabo at hungkag, at mayroon itong panlilinlang sa loob nito. Wala silang tunay na pananalig.

Kapag wala pang nangyayari sa isang anticristo, magpapanggap siyang nakikinig sa mga sermon, nagbabasa ng mga salita ng Diyos, at nag-aaral ng mga himno. Makikilahok siya sa buhay iglesia at maagap na makikilahok sa lahat ng proyekto ng gawain ng iglesia, madalas na sinasabi niya: “Nananampalataya kami sa diyos, kaya kailangan naming maniwala sa kanyang kataas-taasang kapangyarihan, at magpasakop sa kanyang kataas-taasang kapangyarihan. Ang lahat ng bagay ay nasa mga kamay ng diyos, at ang lahat ng ginagawa niya ay mabuti.” Bukod dito, madalas nilang itinuturo sa iba: “Hindi dapat ipagpilitan ng mga tao na gawin ang kanilang sariling paraan. Kapag may nangyayari, dapat silang magdasal sa diyos, dahil ang lahat ay nasa kanyang mga kamay.” Ipinagsisigawan nila ang mga islogang ito nang may pagmamataas, at mukhang lubos na determinado at desidido ang kanilang saloobin—ngunit hindi nila nagagawa ang mga inaasahan sa kanila kapag may nangyayari sa kanila, ang katotohanan ng mga katunayan at, ang kanilang tunay na ibinubunyag ay naglalandad ng kanilang tunay na tayog at ng kanilang diwa. Inilalandad na hindi sila naniniwala sa

katunayan ng pagkakakilanlan at diwa ng Lumikha, o sa katunayan na Siya ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat. Ayaw nilang tanggapin ang mga katunayang ito, lalong ayaw nilang aminin ang mga ito. Ang mas masahol pa, bukod sa hindi nila inaamin o tinatanggap ang mga ito, matigas din silang nananatiling mapanlaban hanggang sa wakas. Kapag may nangyari sa kanila, sila ay nagrereklamo, kung hindi tungkol sa isang bagay, dahil naman sa isa pa. Hindi sila humaharap sa Diyos nang may maayos na pag-uugali at mapagpasakop na paraan para hanapin ang Kanyang mga pagnanais at ang Kanyang mga layunin; hindi sila mapagpasakop na lumalapit sa Diyos, at hindi sila nagpapasakop sa Kanyang kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos, at hindi nila tinatanggap ang Kanyang mga pamamatnugot at kataas-taasang kapangyarihan; at hindi nila mapagpasakop na tinatanggap ang Kanyang pagdidisiplina. Sa halip, ninanais nilang ayusin ang naturang bagay sa pamamagitan ng mga diskarte at pagpapakana ng tao, gamit ang mga pamamaraan ng tao—para hadlangan ang bagay, para ilihim ito sa iba at sa Diyos. Naniniwala sila na kung mapapahupa nila ang usapin, epektibo na nila itong nalutas. Naniniwala sila na kung mapapahupa nila ito, at ang kanilang mga kamalian at tiwaling disposisyon ay mapagtatakpan, at walang makakaalam sa mga bagay na ito, at walang makakatuklas ng anumang mali sa kanila, o magpapatuloy sa pag-uusisa sa usapin, para bang nakamit na nila ang isang napakalaking tagumpay. Sa gayon, panatag na ang loob nila. Kung huhusgahan ang mga salita at pag-uugali ng isang anticristo, at ang kanyang mga gawa at kilos, kapag may nangyari sa kanya, pati na ang diwa ng kanyang pag-uugali at pagganap, siya ay matigas na lumalaban sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos. Matigas niyang nilalabanan ito hanggang sa wakas. Anuman ang kanyang ginawang mali, hindi niya pinahihintulutan ang Diyos na pungusan siya, o na maghanda ng mga kapaligiran para disiplinahin siya, lalong hindi niya pinahihintulutan ang Diyos na ibunyag at ilantad siya. Sa sandaling siya ay malantad, sa sandaling lumabas na ang totoo, natataranta siya, at hindi mapakali at naiirita; binabaligtad pa nga niya ang mga sitwasyon at maagap na nagbibitaw ng mga akusasyon, sinasabi niyang nabigo ang Diyos na protektahan siya, na hindi siya pinagpala ng Diyos, na hindi patas ang Diyos—kapag ang parehong mga bagay ay nangyayari sa kanya at sa iba, bakit hindi ibinubunyag ng Diyos ang iba, bagkus ay siya lamang ang ibinubunyag? Kapag ang parehong mga bagay ay nangyayari, bakit hindi dinidisciplina ng Diyos ang ibang tao, bagkus ay siya lamang ang dinidisciplina? Sinasabi pa niya, “Dahil ang diyos ay hindi matuwid, kailangan kong protektahan ang aking sarili gamit ang mga pamamaraan ng tao, ang aking sariling mga pamamaraan.” Naniniwala siya na hindi siya puwedeng disiplinahin at ilantad ng diyos kapag may nagawa siyang mali, bagkus ay dapat siyang pagtakpan ng diyos, na bigyan siya ng diyos ng pahintulot sa bawat pagkakataon, ng madaling solusyon, na pagbigyan ng diyos ang lahat ng kanyang maling ginagawa. Naniniwala siya na iyon ang gagawin ng diyos. Kung ibubunyag siya ng Diyos, at hindi siya tatratuhin nang may espesyal na pabor kapag may nangyayari sa kanya, at hindi siya binibigyan ng espesyal na pangitain o pamumuno,

pakiramdam niya ay hindi kaibig-ibig ang gayong Diyos, na hindi nababagay ang Diyos na magkaroon ng kataas-taasang kapangyarihan sa kanyang kapalaran. Kaya, kapag may nangyayari sa kanya, ayaw niyang magpasakop sa Diyos at tanggapin ang lahat ng nanggagaling sa Diyos bilang isang nilikha; sa halip, gusto niyang paglingkuran siya ng Diyos, na bigyan siya ng Diyos ng pakinabang sa lahat ng bagay, at huwag pa nga siyang pagsabihan o disiplinahin para sa anumang pagsalangsang na kanyang ginagawa, o para sa anumang katiwalian, paghihimagsik, o paglaban na kanyang ibinubunyag. Makikita ito sa bawat ugali at pagpapamalas ng isang anticristo na wala siyang tunay na pananalig sa Diyos. Ang kanyang diumano'y tunay na pananalig ay pagtatangka lamang na makakuha ng mga pakinabang at makapagkamit ng mga pakinabang. Hindi siya nagpapasakop sa mga pamamatnugot ng Diyos, bagkus ay pinamamatnugutan niya ang Diyos, ninanais niyang samantalahin ang Diyos para gumawa ng lahat ng bagay para sa kanya at magbukas ng mga oportunidad para sa kanya. Hindi niya tinatanggap ang kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos, o ang pagliligtas ng Diyos, bilang isang tiwaling nilikha. Sa halip, pakiramdam niya ay extraordinaryo niyang pinapaboran ang Diyos sa kanyang pananampalataya sa Diyos, at na dapat itong tandaan ng Diyos, at protektahan siya, at pagpalain siya nang walang kondisyon, at patawarin siya, anuman ang masamang bagay na kanyang nagawa, na bigyan siya ng Diyos ng espesyal na pagpapatawad. Ang uri ng mga tao na mga anticristo ay tunay na masasama. Wala talaga silang kahihiyan. Ni hindi nila alam kung anong uri sila o kung sino sila. Kaya kapag may nangyayari sa kanila, walang kahihiyan silang nagbibigay ng mga paliwanag at dahilan, at pinapangatwiranan at ipinipilit nila ang kanilang opinyon, at ipinapasa nila ang sisi, at itinatago nila ang mga katunayan—kinokontra nila ang Diyos hanggang sa wakas. Natatakot na kung sila ay mabunyag at makilatis ng mga tao, mawawalan sila ng katayuan o katanyagan. Hanggang salita lamang ang kanilang pananalig sa Diyos; wala silang ginugugol, at hindi sila tunay na nagpapasakop, lalong malayo sila sa pagtanggap. Kaya, tungkol sa katunayan ng pagkakakilanlan ng Diyos, makikita sa diwa ng isang anticristo na sa kaibuturan ng kanyang puso ay laban siya rito—ayaw niyang hayaan ang Diyos na maging ang may kataas-taasang kapangyarihan sa kanyang kapalaran at pamatnugutan ang lahat ng kanya. Ayaw niyang hayaan ang Diyos na maging ang may kataas-taasang kapangyarihan—sino ang nais niyang maging may kataas-taasang kapangyarihan? Gusto niyang siya ang may huling pasya, na nagpapahiwatig ng pagtutulot kay Satanas na manipulahin ang mga bagay, at nagtutulot sa isang tiwaling disposisyon at na ang tiwaling diwa ni Satanas ang maging kanyang buhay at maghari sa kanyang puso. Ganoon ang nangyayari. At tungkol naman sa diwa ng Diyos—paano iyon tinatrato ng isang anticristo? Nagkikimkim ang isang anticristo ng mga pag-aalinlangan tungkol sa mga elemento na kinapapalooban ng diwa ng Diyos. Hindi siya naniniwala; siya ay nag-aalinlangan; mayroon pa nga siyang mga kuru-kuro, at pagkondena, tungkol sa lahat ng elementong iyon. Minsan, ginagamit pa niya ang kanyang imahinasyon, kaalaman, at utak para suriin ang mga elementong iyon at

bigyang-kahulugan ang mga iyon. May ilang hangal na tao pa nga na naniniwala na ang kanilang mga pakahulugan ay talagang mabuti, espirituwal, lehitimo, at praktikal. Mas nakakasuklam iyon.

A. Hinahamak ang Pagiging Matuwid ng Diyos

Ang mga taong gaya ng mga anticristo ay laging tinatrato ang pagiging matuwid at ang disposisyon ng Diyos nang may mga kuru-kuro, mga pagdududa, at paglaban. Iniisip nilang, “Isang teorya lamang na matuwid ang diyos. Mayroon ba talagang gayong bagay gaya ng pagiging matuwid sa mundong ito? Ni minsan sa tanang buhay ko, hindi ko pa ito nasumpungan o nakita. Napakadilim at napakasama ng mundo, at ang masasamang tao at mga diyablo ay matatagumpay sa buhay, at kontentong namumuhay. Hindi ko pa nakitang natikman nila ang nararapat sa kanila. Hindi ko makita kung nasaan dito ang pagiging matuwid ng diyos; napapaisip ako, umiiral nga ba talaga ang pagiging matuwid ng diyos? Sino ang nakakita na nito? Wala pang nakakita nito, at walang makapagpapatunay nito.” Ito ang iniisip nila sa kanilang sarili. Hindi nila tinatanggap ang lahat ng gawain ng Diyos, ang lahat ng Kanyang salita, at ang lahat ng Kanyang pamamatnugot sa pundasyon ng paniniwalang Siya ay matuwid, bagkus lagi silang nagdududa at nanghuhusga, laging puno ng mga kuru-kuro, na hindi naman nila kailanman hinahanapan ng katotohanan para malutas. Laging ganito kung maniwala ang mga anticristo sa Diyos. May tunay ba silang pananalig sa Diyos? Wala. Lagi na lang may saloobin ng pagdududa ang mga anticristo pagdating sa pagiging matuwid ng Diyos. Siyempre, mayroon silang mga pagdududa tungkol sa disposisyon ng Diyos, sa Kanyang kabanalan, at sa kung ano ang mayroon Siya at kung ano Siya. Hindi nila pinaniniwalaan ang mga iyon, kundi pinagbabatayan lamang nila kung ano ang nakikita ng kanilang mga mata—kung hindi nila nakikita ang isang bagay gamit ang kanilang mga mata mismo, hindi sila maniniwala rito kailanman. Katulad lang sila ni Tomas, na palaging pinagdududahan ang Panginoong Jesus, hindi naniniwala na ang Panginoong Jesus ay muling nabuhay mula sa pagkamatay, hindi naniniwala sa dakilang kapangyarihan ng Diyos. Magagawa bang maniwala ng gayong mga basurang tulad ng mga anticristo, na walang espirituwal na pagkaunawa o hindi hinahangad ang katotohanan, na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan? Magagawa ba nilang maniwala sa Kanyang pagkamakapangyarihan-sa-lahat at karunungan? Wala silang pinaniniwalaan sa mga ito; sa puso nila, palagi silang may mga pagdududa. Base sa diwa ng mga anticristo, pinagbabatayan nila ang nakikita ng mga mata nila, kaya sila ay mga materyalista. Hindi nila makita ang pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos, at hindi sila naniniwala na katotohanan ang Kanyang mga salita, na ang mga ito ay mga katunayan na Kanyang naisakatuparan na. Dahil wala silang espirituwal na pagkaunawa, at walang tunay na pananalig, wala silang paraan para makita ang mga kilos ng Diyos. Ang totoo ay may tinatago silang motibo sa kanilang pananampalataya sa Diyos. Sila ay mga walang habas na nanggugulo—mga alipin ni Satanas. Magagawa bang matuklasan ng isang

tao na hindi tumatanggap sa katotohanan o naniniwala sa pag-iral ng Diyos, na tinitingnan ang lahat ng bagay gamit ang mga mata ng tao, ang pag-iral ng katotohanan? Magagawa ba nilang matutunan ang katunayan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa sangkatauhan? Siguradong hindi. Tinitingnan nila ang mga bagay nang nagsisiyasat, naghihinala, at nang may saloobin na nagdududa, at nilalabanan pa nga nila ang lahat ng ginagawa ng Diyos, kaya ang mga anticristo ay hindi naniniwala sa matuwid na disposisyon ng Diyos. Mayroon silang mga pagdududa at hindi nila ito tinatanggap. Anong mga pag-uugali ng mga anticristo ang nagpapakita sa iba na hindi nila tinatanggap ang katotohanan o inaamin ang diwa ng Diyos? Marami ang ganitong mga partikular na pag-uugali. Halimbawa: Kapag may lumilitaw na problema sa gawain ng iglesia, gaano man kalala ang paninisi para dito o anuman ang mga kahihinatnan nito, ang unang reaksiyon ng isang anticristo ay maghugas-kamay at ipasa ang sisi sa iba. Upang huwag managot, ilalayo pa niya ang atensyon ng iba sa kanya, nagsasalita ng ilang bagay na tama at masarap-pakinggan at nagpapakita ng paimbabaw na pagkilos, para mapagtakpan ang katotohanan ukol sa usapin. Sa mga ordinaryong pagkakataon, hindi ito makikita ng mga tao, pero kapag may nangyayari sa isang anticristo, nalalantad ang kanyang kapangitan. Gaya ng isang hedgehog, na nakatayo lahat ang tusok-tusok nitong balahibo, pinoprotektahan nito ang sarili nang ginagawa ang lahat ng paraan, ayaw umako ng anumang responsabilidad. Anong uri ng saloobin ito? Hindi ba't saloobin ito ng hindi paniniwalang matuwid ang Diyos? Hindi siya naniniwala na sinisiyasat ng Diyos ang lahat o na ang Diyos ay matuwid; gusto niyang gamitin ang sarili niyang mga pamamaraan para protektahan ang kanyang sarili. Naniniwala siya na, "Kung hindi ko poprotektahan ang sarili ko, walang ibang gagawa nito para sa akin. Hindi rin ako mapoprotektahan ng diyos. Sinasabi nilang matuwid siya, pero kapag nasuong sa gulo ang mga tao, talaga nga bang tinatrato niya sila nang patas? Imposible—hindi iyon ginagawa ng diyos." Kapag nahaharap sa problema o pang-uusig, wala silang nararamdamang tulong, at iniisip nila, "Kaya, nasaan na ang diyos? Hindi siya nakikita o nahahawakan ng mga tao. Walang makatutulong sa akin; walang makapagbibigay sa akin ng katarungan at makapagtataguyod ng pagiging patas para sa akin." Iniisip nila na ang tanging paraan para maprotektahan nila ang kanilang sarili ay sa pamamagitan ng sarili nilang mga pamamaraan, na kung hindi, magdurusa sila sa kawalan, maaapi at mauusig—at na kasama rito ang sambahayan ng Diyos. Ang isang anticristo ay naiplano na ang lahat para sa kanyang sarili bago pa man may anumang mangyari sa kanya. Sa isang bahagi, ang ginagawa niya ay sinisikap niyang magkunwaring isang makapangyarihang tao para walang sinumang mangangahas na pasamain ang loob niya, o guluhin siya, o apihin siya. Ang isa pang bahagi ay ang kanyang palaging pagsunod sa mga pilosopiya ni Satanas at sa mga batas ng pag-iral nito. Ano ang mga iyon, sa pangkalahatan? "Ang bawat tao para sa kanyang sarili at bahala na ang iba," "Hayaan lang ang mga bagay-bagay kung hindi naman personal na nakakaapekto ang mga ito sa iyo," "Ang matitinong tao ay mahusay sa pag-iingat sa sarili, tanging hangad nila ay hindi magkamali,"

kumikilos ayon sa sitwasyon, nagiging tuso at mautak, “Hindi ako aatake maliban na lang kung inatake ako,” “Ang pagkakasundo-sundo ay yaman; ang pagtitiis ay karunungan,” “Sumambit ng mabubuting salita na umaayon sa mga damdamin at katwiran ng iba, dahil naiinis ang iba sa pagiging prangka,” “Ang matalinong tao ay nagpapasakop sa mga sitwasyon,” at iba pang katulad na mga satanikong pilosopiya. Hindi niya mahal ang katotohanan, ngunit tinatanggap ang mga pilosopiya ni Satanas na para bang mga positibong bagay ang mga ito, naniniwalang mapoprotektahan siya ng mga satanikong pilosopiyang ito. Namumuhay siya ayon sa mga bagay na ito; hindi siya nagsasalita ng katotohanan sa sinuman, bagkus ay palagi siyang nagsasabi ng mga bagay na nakalulugod, nambobola, nagbibigay-puri, hindi nakapagpapasama ng loob ng sinuman, nag-iisip ng mga paraan upang maipakitang-gilas ang kanyang sarili para pahalagahan siya ng iba. Ang mahalaga lamang sa kanya ay ang sarili niyang paghahangad ng kasikatan, pakinabang, at katayuan, at wala siyang ginagawang kahit ano para pangalagaan ang gawain ng iglesia. Sinumang gumagawa ng bagay na masama at pumipinsala sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, hindi niya ito inilalantad o iniuulat, bagkus nagkukunwaring hindi niya ito nakita. Kung titingnan ang mga prinsipyo niya sa pag-aasikaso sa mga bagay-bagay at sa pagharap niya sa mga nangyayari sa paligid niya, mayroon ba siyang anumang kaalaman ukol sa matuwid na disposisyon ng Diyos? Mayroon ba siyang anumang pananalig dito? Wala siyang pananalig. Ang “wala” rito ay hindi nangangahulugang wala siyang kamalayan ukol dito, kundi na mayroon siyang mga pagdududa tungkol sa matuwid na disposisyon ng Diyos sa kanyang puso. Hindi niya tinatanggap ni inaamin na matuwid ang Diyos. Kapag nakikita niya ang maraming tao na nagpapatotoo na naghahari ang katotohanan at pagiging matuwid sa sambahayan ng Diyos, nilalabanan at hinuhusgahan niya ito sa kanyang puso, sinasabi niyang, “Bakit hindi pa napaparusahan ang malaking pulang dragon sa pang-uusig nito sa mga hinirang na tao ng diyos? Ang masasamang tao na kabilang sa mga walang pananampalataya ay inaapi ang mga hinirang na tao ng diyos, at sinisiraan ang mga ito, at hinuhusgahan ang mga ito, ngunit wala pa rin silang natatanggap na kaparusahan. Lahat sila ay nasa maginhawang kalagayan—bakit lagi na lang ang mga mananampalataya sa diyos ang inaapi?” Sa puso niya, hindi siya naniniwala sa matuwid na disposisyon ng Diyos. Hindi siya naniniwala na tinatrato ng Diyos ang bawat tao nang matuwid, ni naniniwala na bibigyan ng Diyos ang bawat tao nang ayon sa nararapat dito, nang ayon sa mga gawa nito, at na ang mga naghahangad lamang sa katotohanan ang pagpapalain ng Diyos at magkakamit ng magandang hantungan. Hindi naniniwala ang mga anticristo sa mga bagay na ito. Sinasabi nila sa kanilang sarili, “Kung totoo ang mga ito, bakit hindi ko pa nakikita ang mga ito? Sinasabi mo na pagpapalain ng diyos ang mga naghahangad sa katotohanan. Buweno, si ganito-at-ganyan sa aming iglesia ay naghahangad sa katotohanan, ginugugol ang kanyang sarili para sa diyos, at ginagawa niya nang napakatapat ang kanyang tungkulin. Ano ang naging kahirinatnan niyon para sa kanya? Tinutugis siya ng malaking pulang dragon kaya halos hindi na siya makauwi; nagkahiwa-hiwalay na ang kanyang

pamilya—ni hindi niya makita ang kanyang mga anak. Iyon ba ang pagiging matuwid ng Diyos? At si ganito-at-ganyan naman ay nakulong dahil sa pananampalataya sa Diyos, at doon sa bilangguan ay pinahirapan siya hanggang sa halos mamatay na siya. Kung gayon, nasaan ang matuwid na disposisyon ng Diyos? Nanindigan siya sa kanyang patotoo; hindi siya naging Hudas. Bakit hindi siya pinagpala at pinrotektahan ng Diyos? At bakit pinahintulutan ng Diyos na bugbugin siya ng malaking pulang dragon hanggang sa halos mamatay na siya? Mayroon ding lider sa aming iglesia na iniwan ang kanyang pamilya at propesyon para sa gawain ng iglesia. Ginampanan niya ang kanyang tungkulin sa loob ng maraming taon at dumaan siya sa maraming paghihirap, ngunit sa huli, siya ay kinondena at pinaalis dahil sa kaunting kasamaan na nagawa niya at panggugulo sa gawain ng iglesia. Nasaan ang matuwid na disposisyon ng Diyos? At may ilang kapatid na gumagawa ng tungkulin sa sambahayan ng Diyos sa murang edad, nagtitiis sila ng mga paghihirap at nagpapakapagod, ngunit sa sandaling magkamali sila at malabag nila ang mga prinsipyo, sila ay pinupungusan. Ang ilan sa kanila ay umiiyak nang labis dahil sa takot na mapaalis at matiwalag, nang walang sinumang umaalo sa kanila. Bakit hindi ko makita ang pagiging matuwid ng Diyos doon? Sa anong paraan ba mismo naipapamalas ang matuwid na disposisyon ng Diyos sa mga bagay na ito? Bakit hindi ko ito makita? At nariyan din ang personal kong sitwasyon—maaaring medyo pabaya ako sa paggawa ng tungkulin ko, at maaaring minsan ay nagpapakita ako ng kaunting tiwaling disposisyon, ngunit may talento pa rin naman ako. Bakit hindi itaas ng sambahayan ng Diyos ang ranggo ko?” Sa lahat ng gayong mga bagay, hindi makita ng mga anticristo kung ano ang tunay na nangyayari. Nakikita lamang nila ang mga panlabas na pangyayari, ngunit hindi nila makita kung ano ang mga layunin ng Diyos sa likod ng mga bagay. Ang kaibuturan ng kanilang mga puso ay puno ng mga pag-aalinlangan at pagdududa, ng mga ideya at kuru-kuro—at maraming gusot sa kanilang puso na hindi nila maituwid. Sa tuwing naiisip nila ang mga bagay na ito, napupuno sila ng hinanakit, ng pagkondena at paglapastangan sa matuwid na disposisyon ng Diyos. Dahil naagrabyado sila, sinasabi nila sa kanilang sarili: “Kung matuwid ang Diyos, bakit pinupungusan ang mga taong totoo? Kung siya ay matuwid, bakit hindi niya pinapalampas ang mga tao kapag nagpapakita ang mga ito ng kaunting katiwalian? Kung siya ay matuwid, bakit ang ilang tao, na gumanap ng kanilang tungkulin at nagtiis nang labis, ay tinatanggal, dahil lamang sa hindi paggawa ng aktuwal na gawain? Kung siya ay matuwid, bakit kami, na sumusunod sa kanya nang may labis na debosyon, ay inuusig at pinapahirapan at posibleng makulong, at sa ilang pagkakataon, ay pinapatay pa nga sa bugbog?” Walang malinaw na paliwanag ang mga anticristo para sa alinman sa mga pangyayaring ito. Hindi nila alam kung ano ang nangyayari sa mga ito; hindi nila ito makita nang malinaw. Madalas, tinatanong nila ang kanilang sarili: “Matuwid ba o hindi ang diyos na sinasampalatayanan ko? Umiiral ba ang matuwid na diyos o hindi? Nasaan siya? Kapag kami ay nahaharap sa mga suliranin, kapag kami ay inuusig—ano ba ang ginagawa niya? Kaya ba niya kaming iligtas, o hindi? Kung ang diyos ay matuwid, bakit

hindi niya lipulin si Satanas? Bakit hindi niya lipulin ang malaking pulang dragon? Bakit hindi niya pinarurusahan ang buktot na sangkatauhang ito? Bakit hindi niya kami binibigyan ng katarungan at bakit hindi niya itinataguyod ang pagiging patas para sa amin, na nananampalataya sa kanya at nagdusa na nang labis? Bakit hindi niya kami ipinagtatanggol? Kinamumuhian namin ang mga diyablo at si Satanas, at kinamumuhian namin ang masasamang tao—bakit hindi ipinaghihiganti ng diyos ang aming mga hinanakit?” Sunud-sunod na “bakit” ang walang tigil na lumalabas mula sa puso ng isang anticristo, parang machine gun, na hindi makontrol sa anumang paraan. Kapag hindi nila makontrol ang mga bagay na ito, bakit hindi sila lumapit sa Diyos para manalagin at maghanap, o magbasa ng Kanyang mga salita at lumapit sa mga kapatid para makipagbahaginan? Hindi ba’t isa-isa nilang malulutas ang mga problemang ito kapag nagkagayon? Mahirap ba talagang lutasin ang mga problemang ito? Kung ang magiging saloobin mo ay ang pagpapasakop sa Diyos at sa katotohanan, ang pagtanggap sa katotohanan, ang mga problemang ito ay mawawala—lahat ito ay malulutas. Bakit hindi iyon magawa ng mga anticristo? Dahil hindi nila tinatanggap ang katotohanan, o pinaniniwalaan na ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan, o inaamin ang katotohanan. Hindi sila makapagpasakop sa lahat ng kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos, at lalong hindi nila matanggap mula sa Kanya ang lahat ng bagay na nangyayari. Kaya ang puso ng mga anticristo ay puno ng mga pagdududa tungkol sa pagiging matuwid ng Diyos. Kapag nahaharap sila sa mga pagsubok ang mga pagdududa na pumupuno sa kanilang puso ay sasabog, at sa loob nila, kukuwestiyunin nila ang Diyos: “Kung matuwid ang diyos, bakit niya hinahayaang magdusa kami nang labis? Kung matuwid ang diyos, bakit hindi niya kaawaan kaming mga nagtiis ng matinding paghihirap sa pagsunod kay cristo? Kung matuwid ang diyos, bakit hindi niya pinoprotektahan kaming mga ginugugol ang aming sarili para sa kanya at ginagawa ang aming mga tungkulin, o pinoprotektahan ang aming mga pamilya? Kung matuwid ang diyos, bakit niya hinahayaan ang ilang tao na tapat na nananampalataya sa Kanya na mamatay sa bilangguan, sa mga kamay ng malaking pulang dragon?” Pagkatapos ay magsisimula silang magreklamo laban sa diyos: “Kung matuwid ang diyos, hindi niya kami dapat hayaang magdusa nang labis; kung matuwid ang diyos, hindi niya kami dapat disiplinahin at ilantad nang walang sapat na dahilan; kung matuwid ang diyos, dapat siyang maging mapagparaya sa lahat ng masasamang gawa na ginagawa namin, at dapat niyang patawarin ang lahat ng aming pagkanegatibo at kahinaan, at pagpasensiyahan ang lahat ng aming pagsalangsang. Kung hindi mo man lang magawa ang mga bagay na ito, hindi ka isang matuwid na diyos!” Ang lahat ng ito ay mga bagay na nasa isipan ng mga anticristo. Sila ay puno ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos, at hindi man lang nila hinahanap ang katotohanan upang lutasin ang mga ito. Pagdating ng araw na sila ay ilalantad, ang mga kuru-kurong iyon ay tiyak na sasabog. Gayon ang pangit na pag-iisip at tunay na mukha ng mga anticristo.

Hindi inaamin o tinatanggap ng mga anticristo ang katotohanan, lalo na ang katunayan na ang Diyos ay ang Lumikha, kaya para sa kanila, ang matuwid na disposisyon ng Diyos

ay nananatiling isang malaking tanong na wala pang kasagutan. At sa paglipas ng panahon, at sa paglitaw ng iba't ibang pangyayari at isyu, ang kanilang tanong na iyon ay lumalaki nang lumalaki—at unti-unti, ito ay nagiging ekis. Ano ang ibig sabihin ng ekis na iyon? Ibig sabihin nito ay tinatanggihan nila nang lubos ang katunayan na ang Diyos ay matuwid. At kapag naiguhit na ang ekis na iyon—kapag itinanggi na ng isang anticristo ang pagiging matuwid ng Diyos—lahat ng kanyang mga pantasya at kagustuhan ay nauuwi sa wala. Isipin ninyo ito: Ano ang panimulang punto na nagdudulot ng gayong resulta? (Iniisip ng mga anticristo na sa pananampalataya sa Diyos, sila ay dapat na pagpalain at protektahan ng Diyos. Kaya, kapag ang Diyos ay gumagawa ng gawain na hindi naaayon sa kanilang mga kuru-kuro at imahinasyon, nararamdaman nilang hindi Siya matuwid, at hindi nila ito matanggap mula sa Kanya. Bukod dito, hindi sila nananalangin sa Diyos at naghahanap sa katotohanan kapag lumilitaw ang kanilang mga kuru-kuro tungkol sa Diyos, at hindi nila malutas agad ang mga ito. Sa ganoong paraan, naiipon at nagkakapatong-patong ang kanilang mga kuru-kuro—iyon ang nagdudulot ng gayong resulta sa huli.) Ang binabanggit ninyo ay tungkol sa mga panlabas na pangyayari; hindi ninyo natutukoy ang ugat. Bakit Ko nasasabi ito? Dahil may isang bagay sa ugat ng kakayahan ng mga anticristo na kumilos nang ganito at magkaroon ng gayong mga pananaw, ng kanilang kakayahan na pagdudahan at itatwa ang Diyos. Ito ay tinutukoy ng kalikasang diwa ng isang anticristo, siyempre. Iyon ang ugat—tapusin na natin doon. Ang pangunahing ugat na dahilan, kung gayon, ay na sa pinakasimula, ang mga anticristo ay walang pagmamahal o pagtanggap sa katotohanan. Bakit hindi nila tinatanggap ang katotohanan? Ito rin ay may ugat: Hindi nila inaamin na ang Diyos ay ang katotohanan, na ang Kanyang mga salita ay ang katotohanan—at dahil hindi nila inaamin iyon, hindi nila ito matanggap. Dahil hindi nila tinatanggap ang katotohanan, magagawa ba nilang tingnan ang anumang problema mula sa perspektiba ng katotohanan? (Hindi.) Hindi nila magagawa iyon—kaya, ano ang mga kahihinatnan? Hindi nila lubos na mauunawaan ang mga bagay na nangyayari sa kanila, anuman ang mga ito—ang malalaki o maliliit na bagay na nangyayari sa paligid nila, pati na ang mga salita ng iba. Hindi nila lubos na matatarok ang mga tao o mga pangyayari—hindi nila lubos na mauunawaan ang anumang bagay. Ang ilang bagay sa panlabas ay tila katulad ng sinasabi nila, ngunit hindi ganoon ang diwa ng mga ito. Ito ay may kinalaman sa katotohanan. Kung hindi mo nauunawaan ang katotohanan o tinatanggap ito, mauunawaan mo ba ang katotohanan na kaugnay sa mga bagay na ito? Hindi, kaya ang magagawa mo lamang ay suriin at pag-aralan ang mga bagay gamit ang mga mata ng tao, gamit ang kaalaman ng tao, at gamit ang utak ng tao. Anong mga resulta ang ibubunga ng gayong pag-aaral? Tutugma ba ito sa katotohanan? Aayon ba ang mga ito sa mga hinihingi at layunin ng Diyos? Hindi kailanman. Tulad ng sa kuwento ni Job, na alam ng lahat ng nananampalataya sa Diyos. Ang lahat ng umaamin at tumatanggap sa katotohanan at kayang manampalataya sa Diyos at magpasakop sa Kanya ay nagpupuri at humahanga kay Job sa kanilang puso; lahat sila ay nagnanais na maging isang taong katulad ni Job. Pinupuri at hinahangaan

din nila ang mga pagpapahayag ni Job ng pagpupuri sa Diyos at ang kanyang kaalaman tungkol sa Diyos sa gitna ng mga pagsubok sa kanya. Kayang maunawaan ng mga tao sa kanilang puso na ang iba't ibang kapighatian at paghihirap na naranasan ni Job ay gawain ng Diyos. Sa kabuuan, si Job, bilang isang tao, ay nagsisilbing adhikain para sa lahat ng naghahangad sa katotohanan. Lahat sila ay nais sundan ang halimbawa ni Job at maging tulad niya. Kaya, paano nakakamit ang gayong positibong kalalabasan? Ano ang pundasyon nito? Ang taos-pusong paniniwala at pag-amin na ito ay ang katotohanan, na ang lahat ng ito ay gawa ng Diyos—sa pundasyong ito na unti-unting hinihiling ng isang tao na maging tulad ni Job, na maging isang taong may takot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan. Pinaniniwalaan nila ang lahat ng ito at inaamin ito sa kanilang puso, at sa huli, nakakamit nila ang isang adhikain patungo rito, na kanilang hinahangad sa kanilang buhay. Upang makamit ang gayong resulta, ang pinakapangunahing bagay ay iyong inaamin ng isang tao ang lahat ng ito at pinaniniwalaan ito sa kanyang puso. Kaya, ang mga anticristo ba ay may ganitong pag-amin at paniniwala? Wala. Paano tinitingnan ng mga anticristo ang lahat ng pinagdaanan ni Job? Iniisip ba nila na may kahalagahan ang lahat ng ginawa ng Diyos? Nakikita ba nila na ang lahat ng ito ay pinamamahalaan ng Diyos? Hindi nila iyon nakikita, ni hindi nila nakikita na may kahalagahan sa lahat ng ginawa ng Diyos. Ano ang nakikita nila rito? Si Job ay may maraming kayamanan, may mga tupa at baka siya na makapupuno sa isang bundok, at mga pinakamarilag na mga anak na lalaki at babae sa lupain. Ito ang kanilang nakikita. At pagkatapos, matapos ang lahat ng kanyang mga paghihirap, muli siyang pinagpala ng Diyos. Ano ang nakikita nila roon? Sasabihin nila, “May ibinigay siyang kapalit sa mga pagpapalang iyon—pinagpaguran niya ang mga iyon. Tama lamang na ipagkaloob ng diyos ang mga iyon.” Sa kanilang pangkalahatang pagkaunawa sa usaping ito, ang pananaw ba ng mga anticristo ay isang pananaw kung saan tinatanggap nila ang katotohanan at nagpapasakop sila sa Diyos? (Hindi.) Anong uri ang kanilang pananaw kung gayon? Mayroon lamang isang pananaw ang mga anticristo sa pagtingin sa buong usaping ito, at iyon ay ang pananaw ng isang hindi mananampalataya. Ang isang hindi mananampalataya ay tinitingnan kung mayroong pakinabang na nakukuha, o kalamangan na nakakamit, o kung nakakaranas ng kawalan; kung paano magsamantala, at kung paano hindi magsamantala; kung ano ang magdudulot ng kawalan at pagdurusa; at kung ano ang hindi sulit gawin, at kung ano ang sulit. Ito ang pananaw ng mga hindi mananampalataya. Ang mga hindi mananampalataya ay tinitingnan, pinakikitunguhan, at ginagawa ang lahat ng bagay sa ganitong paraan, nang may ganitong uri ng diwa. Ito ang saloobin ng mga anticristo sa matuwid na disposisyon ng Diyos.

B. Hinahamak ang Pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos

Paano tinitingnan ng mga anticristo ang pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos? Patas namang sabihin na para sa isang anticristo, nakakapukaw ng damdamin ang mga salita na “pagkamakapangyarihan-sa-lahat,” mga salitang puwedeng pumukaw sa

kanyang mga ambisyon at pagnanais. Dahil gustong-gusto niyang maging ganoong uri ng tao. Ang maging makapangyarihan sa lahat, magkaroon ng walang hanggang kapangyarihan at maging omnipresente, magkaroon ng kakayahang gawin ang lahat ng bagay, malaman kung paano gawin ang lahat, magawa ang lahat—kung mayroong taong nagkamit ng kakayahang ito, kung mayroon siyang ganitong abilidad, magiging madali ang lahat para sa kanya. Hindi niya kakailanganing katakutan ang sinuman; magkakaroon siya ng pinakamataas na awtoridad, ng pinakamataas na katayuan, at magagawa niyang pagharian ang iba. Magkakaroon siya ng ganap na kapangyarihan na kontrolin at manipulahin ang ibang tao. Hinding-hindi ito maaabot ng isang anticristo, at ipinapakita nito ang kanyang mga ambisyon, pagnanais, at tunay na kulay. Sa isang banda ay pinupuno siya ng iba't ibang uri ng imahinasyon, pagkamausisa, at mga kuru-kuro ng pariralang “pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos.” Sa isa pang banda ay gusto niyang mabatid ang pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos sa pamamagitan ng pananalig sa Kanya, para mapalawak niya ang sarili niyang pananaw, mapalalim ang kanyang kabatiran, at matugunan ang kanyang pagkamausisa. Sa isa pang banda ay nagsusumikap din siyang magkaroon ng walang-hanggang kapangyarihan, na sambahin ng libo-libo, na parami nang paraming tao ang magpatirapa sa kanya at maglaan ng puwang sa puso nila para sa kanya. Kaya, mayroon bang tunay na kaalaman ang mga anticristo sa pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos? Mayroon ba silang tunay na pananalig dito? Muli, pareho ito sa matuwid na disposisyon ng Diyos—ang mga anticristo ay hindi lang puno ng mga kuru-kuro, ng malabo at hungkag na mga imahinasyon na hindi umaayon sa mga katunayan—pinagdududahan din nila nang husto ang pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos. Nagdududa sila; hindi sila naniniwala rito: “Pagkamakapangyarihan-sa-lahat? Saan sa mundong ito mayroong isang taong makapangyarihan sa lahat? Saan may isang taong omnipresente at may walang-hanggang kapangyarihan? Walang gayong tao! Maraming dakila at tanyag na tao sa mundo, at maraming tao na may paranormal na kakayahan: halimbawa, mga propeta, at ang iba't ibang uri ng mga astrologo at tagapagpakahulugan ng propesiya, at maging sila ay hindi nagtataglay ng walang-hanggang kapangyarihan. Kuwestiyonable pa rin ang ‘pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng diyos,’ kailangan itong lubos na saliksikin.” Kaya, para sa isang anticristo, hindi umiiral ang diwa ng pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos, dahil, sa kanyang paniniwala, “Hindi ko maisip o maunawaan kung paano maaaring maging makapangyarihan sa lahat ang diyos, kaya hindi umiiral ang kanyang ‘pagkamakapangyarihan-sa-lahat’ na ito. Hindi ko ito inaamin. Gaano ba talaga kahusay ang mga abilidad at kakayahan ng diyos? Walang tao—sa nakaraan, kasalukuyan, o hinaharap man—ang nakakita o makakakita nito.” Palaging nagdududa at hindi sigurado sa kanilang puso ang mga anticristo, kaya nagiging paksa at saklaw ng kanilang pagsasaliksik ang lahat ng nangyayari sa iglesia at sa mga kapatid. Ano ang kanilang sinasaliksik? Sinasaliksik nila ang lahat ng nagaganap, ang lahat ng nangyayari sa isang grupo o sa isang tao, kung ano ang ginawa ng Diyos, kung paano Siya gumawa, kung

mayroon bang mga palatandaan at kababalaghan sa loob nito, kung mayroon bang anumang bago at natatanging mga pangyayari na lampas sa kayang maisip ng tao o lampas sa abilidad at maaabot ng tao. Bukod pa rito, sinasaliksik nila kung mayroon bang mga kapatid na nagsabi ng karanasan na gumawa sa kanila ang Diyos nang lampas sa mga inaasahan ng tao. Ang isang halimbawa nito ay ang paglabas ng isang batang babae mula sa talukab ng isang kuhol ilog, tulad ng nasa kuwentong bayan, at paghahanda ng isang piging para sa kanila, sa oras na sila ay pinakagutom. Ang isa pa ay ang biglang paglitaw ng ginto sa kanilang bahay, sa oras na kapos sila sa pera, o biglang pagkabulag ng mga umuusig sa kanila, kaya walang makitang anuman ang mga ito, sa oras na sila ay tinutugis, at ang pagbaba ng isang anghel at pagsabi sa kanila na, “Huwag kang matakot, anak—narito ako para tulungan ka.” Ang isa pang halimbawa ay, sa oras na nakakaranas ng malupit na pambubugbog at matinding pagpapahirap ang mga kapatid, ang pagsinag ng dakilang liwanag ng diyos at pagbulag nito sa mga mata ng mga nananakit sa kanila, kung kaya’t ang mga ito ay gumugulong sa sahig, nagmamakaawa, hindi na muling nangangahas na saktan pa ang mga kapatid, pagkatapos silang ipaghiganti ng diyos; o, sa oras na binabasa nila ang mga salita ng Diyos pero hindi nila maunawaan ang mga ito gaano man nila subukan, at halos makatulog na sila, pagkakita nila ng isang malabong anyo na nagsasabi sa kanila, “Huwag kang matulog; gumising ka—ito ang ibig sabihin ng aking mga salita”; o, kapag may nangyari at malapit na silang magkamali, pag-alerto sa kanila ng isang malakas at panloob na pagsaway at pagdidisiplina na mali ang gagawin nila, at na ang isa pang bagay ang tamang gawin. Kung alinman sa mga bagay na ito, na hindi kayang maranasan at gawin ng mga karaniwang tao, ay nangyari sa iglesia, sa sambahayan ng Diyos, sa sinumang sumusunod sa Diyos, sapat na iyon upang patunayan na ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat. Kung hindi nangyayari ang gayong mga bagay, o kung bihirang mangyari ang mga ito, at kahit na mangyari man ang mga ito, sabi-sabi lang din naman ang mga ito, at kaya labis na nakokompromiso ang pagiging tunay at kapani-paniwala ng mga ito, kung gayon, katunayan ba o hindi ang pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos? Nagtataglay ba ang Diyos ng diwa ng pagkamakapangyarihan-sa-lahat o hindi? Sa puso ng isang anticristo, kinukuwestiyon niya ang mga ideyang ito.

Palaging hinahangad ng mga anticristo ang mga palatandaan, kababalaghan, at paranormal na kapangyarihang ito habang ang Diyos ay gumagawa, nagsasalita, at nagliligtas sa tao. Hinahangad nila ang mga bagay na hindi tumutugma sa realidad o mga katunayan. Walang anumang kinalaman ang mga bagay na ito na kanilang hinahangad sa gawain ng Diyos ng pagliligtas sa tao, o sa katotohanan, o sa pagbabago sa disposisyon ng tao. Pero pursigido pa rin silang hangarin ang mga ito. Puno sila ng pagkamausisa tungkol sa pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos. Madalas, sa kanilang mga panalangin, hinihingi nila sa Diyos: “O diyos, maaari mo bang ipakita sa akin ang iyong pagkamakapangyarihan-sa-lahat? O diyos, hindi ba’t ikaw ay makapangyarihan sa lahat? Kung ganoon, hinihiling ko na lutasin mo ang bagay na ito para sa akin. O diyos,

kung ikaw ay makapangyarihan sa lahat, may walang-hanggang kapangyarihan at omnipresente, nagmamakaawa ako na tulungan mo ako, dahil nahaharap ako sa mga hamon ngayon. O diyos, kung ikaw ay makapangyarihan sa lahat, nagmamakaawa ako na alisin mo ang mga karamdaman sa aking katawan, na alisin mo ang mga sitwasyon na kinakaharap ko, na tulungan mo akong maiwasan ang panganib. O diyos, kung ikaw ay makapangyarihan sa lahat, nagmamakaawa ako sa iyo, na habang ginagawa ko ang aking tungkulin, gawin mo akong matalino at matalas, may talento at kaloob pagkatapos lamang ng isang magdamag, para maarok ko ang mga propesyonal na kasanayan nang hindi ko na pag-aaralan pa ang mga ito, para maging eksperto ako, at mamukod-tangi sa iba. O diyos, kung ikaw ay makapangyarihan sa lahat, hinihiling ko sa iyo na parusahan at gantihan mo ang mga naninira at nangungutya sa aking pananalig sa iyo. Gawin mo silang bulag at bingi, na may mga sugat sa kanilang ulo, at may mga nana ang kanilang mga talampakan. Hayaan mo silang mamatay tulad ng mga aso. O diyos, kung ikaw ay makapangyarihan sa lahat, nagmamakaawa ako sa iyo, ipakita mo sa akin ang iyong pagkamakapangyarihan-sa-lahat.” Marami nang sinabing salita at ginawa ang Diyos, pero nagbubulag-bulagan ang mga anticristo rito at binabalewala nila ito; hindi nila kailanman isinasapuso ang mga salita ng Diyos, ni ang Kanyang gawain at ang bawat hakbang ng Kanyang mahalagang gawain ng pagliligtas sa tao, hindi nila ito sineseryoso. Sa halip, pursigido silang humiling ng mga palatandaan at kababalaghan, na gumawa ng mga himala ang Diyos sa gitna ng Kanyang gawain, hinihiling na gumawa ang Diyos ng mga espesyal na bagay na magbubukas ng kanilang mga mata at matutugunan ang kanilang pagkamausisa, para patunayan ang Kanyang pag-iral, para patunayan na Siya ay makapangyarihan sa lahat. Ang mas nakakatawa pa ay nagdarasal pa sa Diyos ang mga anticristo para magsumamo: “O diyos, hindi kita makita, kaya maliit ang aking pananalig. Hinihiling ko na ipakita mo ang tunay mong anyo sa akin, kahit na sa isang panaginip lamang—hinihiling ko na ipakita mo sa akin ang iyong pagkamakapangyarihan-sa-lahat, para magkaroon ako ng pananalig sa iyo at maniwalang tunay sa iyong pag-iral. Kung hindi, palagi akong magkakaroon ng mga alinlangan sa aking pananampalataya sa iyo.” Hindi nila makita ang pag-iral ng Diyos o malaman ang Kanyang diwa at disposisyon sa gitna ng Kanyang gawain at mga salita, bagkus ay nais nilang gumawa Siya ng mga karagdagang bagay, mga bagay na hindi kayang isipin ng tao, para palakasin sila at patatagin ang kanilang pananalig. Marami nang sinabi at nagawa ang Diyos, pero gaano man kapraktikal ang Kanyang mga salita, gaano man nakakapagpatibay ang mga katotohanang Kanyang sinasabi sa mga tao, gaano man nila kailangan itong maunawaan agad, hindi interesado ang mga anticristo, at hindi nila isinasapuso ang mga ito. Sa katunayan, habang lalo pang nagsasalita ang Diyos, habang lalo pang nagiging partikular ang Kanyang ginagawang gawain, lalong nasusuklam, naiirita, at nakararamdam ng paglaban ang mga anticristo. Bukod dito, magkakaroon pa ng pagkondena at paglapastangan sa Diyos; tututol sila sa Kanya: “Ang pagkamakapangyarihan-sa-lahat mo ba ay nasa mga salitang ito? Iyon lang ba

ang ginagawa mo—ang magpahayag ng mga salita? Kung hindi ka magsasalita, hindi ka ba magiging makapangyarihan sa lahat? Kung ikaw ay makapangyarihan sa lahat, huwag kang magsalita. Huwag mong gamitin ang pagsasalita o pagbabahagi tungkol sa katotohanan at ang pagtutustos ng katotohanan sa tao para magkaroon kami ng buhay at makamit ng pagbabago sa disposisyon. Kung lahat kami ay gagawin mong mga anghel pagkatapos lamang ng isang magdamag, gagawing mga mensahero mo—iyon ang pagkamakapangyarihan-sa-lahat!” Habang binibigkas ng Diyos ang Kanyang mga salita at ginagawa ang Kanyang gawain, nabubunyag at nalalantad ang kalikasan ng mga anticristo, nang paunti-unti, nang walang naitatago, at ganap ding nalalantad ang kanilang diwang tutol at lumalaban sa katotohanan. Ang disposisyon at diwa ng mga anticristo na hinahamak ang pagkakakilanlan ng Diyos at sa Kanyang diwa ay nalalantad at nabubunyag din, nang paunti-unti, sa paglipas ng panahon at sa walang tigil na pagsulong ng gawain ng Diyos. Naghahangad ng malalabong bagay ang mga anticristo; hinahangad nila ang mga palatandaan at kababalaghan—at dahil pinamumunuan sila ng ambisyon at pagnanais na ito, na hindi umaayon sa realidad, nalalantad ang kanilang kalikasan na tutol sa katotohanan at namumuhi rito. Sa kabaligtaran, ang mga tunay na naghahangad sa realidad at sa katotohanan, na naniniwala at nagmamahal sa mga positibong bagay, ay nakikita ang pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos sa proseso ng Kanyang gawain at mga salita—at ang nakikita, nakakamit, at nalalaman ng mga taong ito ay ang mismong mga bagay na hindi kailanman magagawang malaman at makamit ng mga anticristo. Naniniwala ang mga anticristo na kung makamit ng mga tao ang buhay mula sa Diyos, kailangang may mga palatandaan at kababalaghan; naniniwala sila na kung walang mga palatandaan at kababalaghan, ang pagkakamit ng buhay at ng katotohanan mula sa mga salita ng Diyos lamang, at pagkatapos ay pagkakamit ng pagbabago ng disposisyon at pagtatamo ng kaligtasan, ay imposible. Para sa isang anticristo, imposible magpakailanman iyon—hindi ito makatotohanan. Kaya, walang pagod silang naghihintay at nagdarasal, umaasa silang ipapakita ng Diyos sa kanila ang mga palatandaan at kababalaghan at na gagawa ang Diyos ng mga himala para sa kanila—at kung hindi, ibig sabihin ay hindi umiiral ang pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos. Ang implikasyon sa likod nito ay na kung hindi umiiral ang pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos, siguradong hindi umiiral ang Diyos. Ito ang lohika ng mga anticristo. Kinokondena nila ang pagiging matuwid ng Diyos, at kinokondena nila ang Kanyang pagkamakapangyarihan-sa-lahat.

Habang inililigtas ng Diyos ang mga tao, ganap na walang interes ang mga anticristo sa Kanyang mga salita, sa Kanyang iba’t ibang hinihingi, at sa Kanyang mga layunin. Nilalabanan nila ang mga bagay na ito at tutol sila sa mga ito mula sa kaibuturan ng kanilang puso. Hindi sila interesado sa realidad ng lahat ng positibong bagay, ni sa kaligtasan at sa magawang perpekto na puwedeng makamit ng tao bilang resulta ng paghahangad sa katotohanan at pagpapasakop sa mga pamamatnugot ng Diyos. Kung gayon, saan nga ba sila interesado? Interesado sila sa pagpapakita ng diyos ng mga

palatandaan at kababalaghan at sa paggawa ng mga himala para makita nila, sa pagbibigay sa kanila ng diyos ng kabatiran sa pamamagitan ng paggawa nito, at sa paggawa sa kanila na maging mga kahanga-hangang tao, mga superhuman, mga tao na may espesyal na kapangyarihan, mga extraordinaryong tao. Nais nilang mawala sa kanila ang mga designasyon, pagkakakilanlan, at mga katayuan ng pagiging ordinaryong tao, karaniwang tao, at tiwaling tao sa pamamagitan ng pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos. Kaya, anuman ang mga kuru-kuro o problema na mayroon sila sa gitna ng gawain ng Diyos, hindi nila hinahanap ang katotohanan para malutas ang mga ito. Bukod sa hindi lamang nila magawang maunawaan ang katotohanan o makamit ang pagbabago sa disposisyon—hinuhusgahan din nila ang Diyos, at kinokondena Siya, at nilalaban Siya, dahil sa lahat ng Kanyang ginagawa na hindi naaayon sa kanilang mga kuru-kuro. Sa mata ng mga anticristo, hindi nila inaamin ang lahat ng praktikal na gawain ng Diyos—ito ang kanilang kinokondena. Sa huli, ang mga pananaw na ito, at ang mga depinisyong ito ng Diyos, ang nagiging sanhi para ganap nilang itanggi sa kanilang puso ang pag-iral ng diwa ng Diyos, at higit pa ay ang kondenahin, dungisan, at lapastanganin ang pag-iral ng diwa ng Diyos. Ito ay dahil ang kanilang pananampalataya sa Diyos ay nakabatay sa saligan na ang diyos ay makapangyarihan sa lahat, na itatama ng diyos ang ginawang mali sa kanila, na siya ang maghihiganti para sa kanila, na para sa kanila, tatalunin ng diyos ang lahat ng kanilang kinamumuhian at hinahamak—na tutugunan ng diyos ang kanilang mga kagustuhan at ambisyon. Ito ang pundasyon ng kanilang pananampalataya sa Diyos. Pero sa kasalukuyan, nakikita ng mga taong ito na walang ganitong umiiral na diyos, at walang posibilidad na gagawin ng Diyos ang anumang bagay para sa kanila. Sa kanilang pananaw, hindi ito kanais-nais na sitwasyon para sa kanila—kakila-kilabot ito. Kaya, pagkatapos nilang maranasan ang maraming bagay, lalong tumitindi ang kanilang mga alinlangan at pagdududa sa Diyos, hanggang sa magpasya silang iwan ang Diyos at ang Kanyang sambahayan, para hangarin ang mundo, para sundan ang masasamang kalakaran, at para ibigay ang kanilang sarili sa bisig ni Satanas. Ganoon ang nangyayari sa mga taong ito. Batay sa saloobing kinikimkim ng mga anticristo sa matuwid na disposisyon ng Diyos at sa Kanyang pagkamakapangyarihan-sa-lahat, talagang mga hindi mananampalataya ang mga anticristo. Wala silang kahit katiting na pananalig sa Diyos, ni kahit katiting na pagpapasakop o pagtanggap sa ginagawa ng Diyos. Pagdating sa mga positibong bagay at sa katotohanan, nasusuklam at mapanlaban sila sa mga ito. Kaya, kahit paano mo man ito tingnan, talagang umiiral ang hindi mananampalatayang diwa ng mga anticristo. Hindi ito isang bagay na ipinipilit sa kanila ng iba, at hindi ito isang pagmamalabis—natutukoy ang diwa nila batay sa lahat ng mga pananaw at mga pangangasiwa na kanilang ibinubunyag kapag may nangyayari sa kanila.

Nananampalataya ang mga anticristo sa Diyos sa loob ng maraming taon nang hindi nagagawang makita ang katotohanan na may kataas-taasang kapangyarihan ang Diyos sa kapalaran ng tao. Hindi nila maunawaan ang katunayang iyon. Hindi nila maunawaan

ang isang katunayan kahit na nasa harap na nila ito—hindi ba’t pagiging bulag iyon? Ang matuwid na disposisyon ng Diyos at ang Kanyang pagkamakapangyarihan-sa-lahat ay madalas na nabubunyag sa gawain ng iglesia, sa Kanyang mga hinirang, at sa iba’t ibang klase ng pangyayari. Tinutulutan Niyang makita ng mga tao ang mga bagay na ito kahit saan—pero dahil bulag ang mga anticristo, hindi nila ito makita. Kapag maraming taon nang sumusunod sa Diyos ang mga anticristo, sasabihin nila ang tanyag na parirala: “Maraming taon na akong nanampalataya sa diyos, pero ano ang nakamit ko?” Tila wala talaga silang nakamit. Ibinuhos ng Diyos ang Kanyang buhay para sa tao, pero walang nakamit ang mga anticristo. Hindi ba’t kahabag-habag iyon? Talaga ngang kahabag-habag iyon! Mahusay na inilalarawan ng pariralang iyon ang problema. Ang lahat ng nakakarinig sa mga salita ng Diyos at nakakaranas sa Kanyang gawain, na tinatanggap ang Kanyang mga salita bilang kanilang buhay, ay magsasabi: “Maraming taon na kaming nananampalataya sa Diyos, at marami na kaming natamo mula sa Kanya. Hindi lamang biyaya at mga pagpapala, ang Kanyang proteksyon, at ang Kanyang awa—ang mas mahalaga ay na mula sa Diyos, naunawaan at nakamit namin ang napakaraming katotohanan. Namumuhay kami nang may wangis ng mga tao, nang may dignidad. Alam namin kung paano umasal. Napakalaki ng aming pagkakautang sa Diyos. Kumpara sa halagang ibinabayad Niya, sa Kanyang ginagawa para sa amin, ang aming kaunting paghihirap ay hindi nga nararapat pang banggitin. Dapat suklian ng tao ang pagmamahal ng Diyos.” Gayumpaman, baligtad ang mga anticristo. Sinasabi nila, “Ilang taon nang gumagawa ang diyos, kaya bakit wala pa akong nakakamit? Sinasabi ninyong lahat na nakamit na ninyo ang ganito at ganyan, na nagkaroon kayo ng ganito at ganyang karanasan—pero mapapakain ba kayo ng mga karanasang iyon? Ano ang halaga ng mga karanasang iyon? Kumpara sa mga pagpapala, sa biyaya, sa pagkakita sa mga palatandaan at kababalaghan, hindi ba’t ganap na hindi na nararapat banggitin ang mga iyon? Kaya pakiramdam ko, sa maraming taon ng pananampalataya ko sa diyos, wala pa akong nakamit. Kumpara sa pagdurusang tiniis ko, sa mga tinalikuran at ginugol ko para sa diyos, hindi sulit ang mga nakamit ko! Ano ba ang katotohanan kundi ilang pahayag at teorya lamang? Ano ba ito kundi ilang doktrina lamang? Narinig ko na ang mga salitang ito, ang mga katotohanang ito, at hindi ko nararamdaman na nagkaroon ng napakalaking pagbabago sa akin! Halimbawa na lang, hindi ganoon kaliksi ang aking isipan kapag nag-iisip ako ng mga bagay. Bukod doon, tumatanda na ako, at hindi na gaya ng dati ang aking kalusugan. Maputi na ang buhok ko, marami na akong kulubot sa mukha—nawala pa nga ang ilang ngipin ko, at wala nang bagong tumubo. Sinasabi ng diyos na ang mga naligtas ay parang mga sariwa at maliksing bata, at heto ako, inaagiw na, na may mukha ng isang matanda. Hindi ako naging bata. Ayon sa mga salita ng diyos, puwedeng maging mga kabataan na may maitim na buhok ang mga ubaning tao. Bakit hindi pa ako nagbago? Sinasabi ng diyos na ganap niyang babaguhin ang mga tao, pero hindi pa iyon nangyari sa akin; hindi ako naging isang bagong tao. Ako pa rin ito, at kapag may mga nangyayari sa akin, kailangan ko pa ring

alaman kung paano harapin ang mga ito nang ako lang. Dumarami rin ang aking mga pisikal na paghihirap—madalas akong mahina at negatibo. At higit pa, mahina na ang aking memorya nitong huling dalawang taon. Binabasa ko ang mga salita ng diyos nang madalas, pero hindi niya pinalakas ang aking memorya. Hindi ba kayang bigyan ng diyos ang mga tao ng espesyal na abilidad, isang abilidad na pipigilang tumanda ang kanilang katawan? Pakiramdam ko, ang pinakamalaking isyu ngayon ay ang ganap na pagbabago ng mga tao; parang hindi kayang lutasin ng katotohanan ang problemang iyon. Kung magsasabi ang diyos ng isang bagay na talagang makakapagbago sa isang bagong tao, na may anyo ng isang nagniningning na anghel, na maaaring walang katawan, na puwedeng makatakas sa pamamagitan ng pagtagos sa matitibay na pader, na, kapag nahaharap sa pang-uusig at panganib, ay makakapagsalita ng isang orasyon at maglalaho, at magiging hindi maaabot magpakailanman—kung, sa pamamagitan ng madalas na pagbabasa ng mga salita ng diyos, hindi puputi ang buhok ng mga tao, at hindi kukulubot ang kanilang mga mukha, at tutubo ang mga bagong ngipin kapalit ng mga nawala—magiging kamangha-mangha iyon! Iyon ang ibig sabihin ng ganap na pagbabago! Kung gagawin ng diyos ang mga bagay na iyon, mananampalataya na ako na siya nga ay diyos, nang walang anumang pag-aalinlangan. Kung magpapatuloy siya sa pagsasalita at pangangaral ng katotohanan, mawawala ang aking pananalig; hindi magtatagal, hindi ko na kakayanin pang patuloy na mananampalataya, at marahil ay hindi ko na magagampanan ang aking tungkulin. Aayaw na ako.” Sa haba ng panahon na sumusunod ang isang anticristo sa Diyos, madalas na lilitaw sa kanyang puso ang ganitong mga klaseng hinihingi, at lahat ng uri ng pagdududa at labis-labis na mga hinihingi ang madalas na lilitaw sa loob ng kanilang mga kuru-kuro, at bilang tugon sa kanilang mga kalagayan at sa kanilang mga personal na pagnanais, ang lahat ng uri ng kakaibang ideya ay pumapasok sa kanilang isipan. Kaya lamang: Hindi maunawaan ng mga anticristo ang mga salitang sinasabi ng Diyos, at hindi nila makita ang katunayan na gumagawa ang Diyos para iligtas ang tao, lalong hindi nila maunawaan na ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay para iligtas ang tao, na iyon ay para bigyang-kakayahan ang tao na makamit ang pagbabago ng disposisyon. Kaya, habang patuloy silang nananampalataya, nawawalan sila ng gana; habang patuloy silang nananampalataya, lumilitaw sa kanilang puso ang pagiging negatibo at ang kawalan ng pag-asa, at mayroon silang mga damdamin at kaisipan ng pag-atras, ng pagsuko. Pagdating sa diwa ng Diyos, kalimutan na natin kung maniniwala sila rito, o kung aaminin o tatanggapin nila ito—habang patuloy silang nananampalataya, ni hindi man lang nila pinapansin ang naturang isyu. Kaya naman, kapag sinasabi mo sa pagbabahagi na ang isang bagay ay katuwiran ng Diyos at ang Kanyang pagkamakapangyarihan-sa-lahat at kataas-taasang kapangyarihan, na dapat magpasakop dito at kilalanin ito ng mga tao, hindi iimik ang mga anticristo—hindi sila magpapahayag man lang ng kahit anong pananaw. Pero sa loob nila, lilitaw ang pagkasuklam: Hindi nila gugustuhing makinig; hindi sila magiging handang makinig; ang iba sa kanila ay tatayo at aalis na lamang. Kapag nakikinig ang lahat sa mga sermon,

kapag pinagbabahaginan ng iba ang mga salita ng Diyos, kapag buong sigasig na nagbabahagi ang mga kapatid ng kanilang mga patotoong batay sa karanasan—ano ang ginagawa ng mga anticristo? Umiinom ng tsaa, nagbabasa ng mga magasin, naglalaro sa kanilang mga telepono, nagtsitsismisan. At sa pamamagitan ng mga tahimik na kilos na ito ng pagprotesta at pagtutol, sinusubukan nilang patunayan sa kanilang mga pag-uugali na walang silbi ang lahat ng ginagawa ng Diyos: “Sinusubukan lang ninyo na pangatwiran ang mga bagay-bagay, niloloko ninyo ang inyong sarili—sadyang hindi umiiral ang diyos at ang katotohanan, at imposibleng mailigtas ng diyos ang sangkatauhan!” Sa tingin nila, mga hangal ang lahat ng naniniwala sa katotohanan, nagpapasakop sa Diyos, at naniniwala sa katunayan na kayang iligtas ng Diyos ang sangkatauhan—lahat sila ay walang utak, at lahat sila ay naloko. Naniniwala sila na ang kapalaran ng isang tao ay nasa sariling mga kamay niya, na hindi dapat hayaan ng isang tao na pamatnugutan ng iba ang kapalaran niya, na hindi mga papet ang mga tao, bagkus ay may isip at abilidad na mag-isip nang malaya tungkol sa mga problema—at kung ni hindi kayang kontrolin ng isang tao ang kanyang sariling kapalaran, siya ay basura, isang mababang uri ng tao. Kaya, anuman ang mangyari, hindi sila handang ipagkatiwala ang kanilang kapalaran sa Diyos para kontrolin Niya. Ito ang saloobin ng mga anticristo sa lahat ng ginagawa ng Diyos. Nananatili silang mga nagmamatyag at mga hindi mananampalataya mula simula hanggang wakas, na ginagampanan ang papel ng mga alipin ni Satanas. Sila ay mga palamunin at mga gumagawa ng gulo—sila ay mga taong gumagawa ng masama na lihim na nakapasok.

C. Hinahamak ang Kabanalan at Pagiging Natatangi ng Diyos

Hindi inaamin o pinaniniwalaan kahit kaunti ng mga anticristo ang katuwiran at pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng disposisyong diwa ng Diyos, lalong wala silang kaalaman tungkol sa mga ito. Siyempre, mas mahirap pa para sa kanila na paniwalaan, aminin, at alamin ang kabanalan at pagiging natatangi ng Diyos. Kaya, kapag binabanggit ng Diyos na nais Niyang maging matatapat ang mga tao, na nais Niyang maging praktikal na nilikha ang mga ito na kayang manatili sa kanilang kinalalagyan, may mga ideyang lumilitaw sa mga anticristo, at nagkakaroon sila ng isang saloobin at damdamin. Sinasabi nila: “Hindi ba’t dinakila ang diyos? Hindi ba’t siya ay kataas-taasan? Kung gayon, dapat engrande at dakila ang mga hinihingi niya sa tao. Inakala kong napakahiwaga ng Diyos; hindi ko naisip na hihingi siya ng gayong maliliit na kahilingan sa tao. Puwede bang ituring ang mga ito bilang ang katotohanan? Napakasimple ng mga ito! Nararapat lang na mataas ang mga hinihingi ng Diyos: Dapat maging isang napakahusay na tao, isang dakilang tao, isang taong may kakayahan—iyon ang dapat hingin ng diyos na gawin ng tao. Nais niya na maging matapat ang isang tao—gawain ba talaga iyon ng diyos? Hindi ba peke iyon?” Sa kaibuturan ng kanilang puso, hindi lang lumalaban ang mga anticristo sa katotohanan—habang ginagawa nila iyon, lumilitaw din sa kanila ang paglalapastangan. Hindi ba’t iyon ay paghamak nila sa katotohanan? Puno sila ng panghahamak at

pang-aalipusta sa mga hinihingi ng Diyos; tinutukoy at tinatrato nila ang mga ito nang may saloobin ng pangungutya, pagwawalang-bahala, pang-uuyam, at panlilibak. Maliwanag na ubod ng sama ang mga anticristo sa kanilang disposisyong diwa; hindi nila magawang tanggapin ang mga bagay o salita na tunay, maganda, at praktikal. Tunay at praktikal ang diwa ng Diyos, at naaayon sa pangangailangan ng mga tao ang Kanyang mga hinihingi sa mga tao. “Mataas at dakila,” gaya ng sinasabi ng mga anticristo—ano iyon? Huwad, engrande, at mababaw iyon; ginagawa nitong tiwali ang mga tao at inililihis sila; nagdudulot iyon ng kanilang pagbagsak, at naglalayo sa kanila sa Diyos. Sa kabilang banda, tapat, kaibig-ibig, at praktikal ang mga katotohanang ipinapahayag ng Diyos at ang Kanyang buhay. Kapag naranasan na ng isang tao ang mga salita ng Diyos nang ilang panahon, matutuklasan niya na ang buhay ng Diyos lamang ang pinakakaibig-ibig, na ang Kanyang mga salita lamang ang makapagpapabago sa mga tao at magiging kanilang buhay, at ang mga ito ang kailangan ng mga tao—samantalang ang mga mataas at dakilang opinyon at kasabihang inilalabas ni Satanas at ng mga anticristo ay ganap na salungat sa pagiging tunay at praktikal ng mga hinihingi ng Diyos sa tao. Samakatwid, batay sa ganitong uri ng diwa ng mga anticristo, lubos nilang hindi kayang tanggapin ang kabanalan at pagiging natatangi ng Diyos. Imposibleng aminin nila ang mga bagay na iyon. Pagdating naman sa iba’t ibang aspekto ng tiwaling disposisyon at tiwaling diwa ng mga tao na inilalantad ng Diyos—sa kanilang pagkamatigas ng kalooban at mapagmataas, sa kanilang mga disposisyon ng panlilinlang, kabuktutan, pagtutol sa katotohanan, at kalupitan—hinding-hindi tinatanggap ng mga anticristo ang mga ito. Pagdating naman sa paghatol ng Diyos sa mga tao at sa Kanyang mahigpit na pagsaway sa mga ito, hindi lang hindi kayang malaman ng mga anticristo ang kabanalan at pagiging kaibig-ibig ng Diyos sa mga iyon—sa kabaligtaran, sa puso nila ay tutol sila sa mga salitang sinasabi ng Diyos, at nilalabanan nila ang mga ito. Sa tuwing binabasa nila ang mga salita ng Diyos na nagkakastigo, humahatol, at naglalantad sa tiwaling disposisyon ng tao, kinamumuhian nila ang mga ito at gusto nilang magmura. Kung may magsabi na sila ay isang mapagmataas na tao, isang taong matigas ang kalooban, isang buktot na tao na tutol sa katotohanan, makikipagtalo sila sa taong iyon at mumurahin ang mga ninuno nito; at kung may maglalantad ng kanilang tiwaling diwa at kokondenahin sila, para bang gusto silang patayin ng taong iyon—hinding-hindi nila ito matatanggap. Dahil may ganitong diwa at nagbubunyag ng ganitong mga bagay ang mga anticristo, sila ay natutukoy, nang hindi nila nalalaman, at hindi sinasadyang nabubukod at nabubunyag sila, sa sambahayan at sa iglesia ng Diyos. Madalas na hindi natutupad ang kanilang ambisyon at pagnanasa, at kaya tumitindi ang kanilang pagkamuhi sa mga salitang sinasabi ng Diyos, sa Kanyang pag-iral, at sa pariralang “naghahari ang katotohanan sa sambahayan ng Diyos.” Kung sasabihin mo sa kanila ang pariralang iyon, gugustuhin nilang labanan ka hanggang sa kamatayan, na pahirapan ka hanggang kamatayan. Hindi ba’t nagpapakita ito na laban sa Diyos ang mga anticristo? Oo, ganoon nga! Kung may magsabi, “Natatangi ang Diyos; walang sinumang tao o anumang idolo ang dapat

sambahin, maliban sa Kanya,” magiging handa ba ang isang anticristo na marinig ito? (Hindi.) Bakit hindi? Hindi ba’t kinokondena sila ng mga salitang ito? Hindi ba’t ipinagkakait ng mga ito ang kanilang karapatang maging diyos? Magiging masaya ba sila kung wala silang karapatang maging diyos, kung mawawala ang pag-asang iyon? (Hindi.) Kaya kung ilalantad mo sila, kung hahayaan mong masira ang kanilang katayuan at reputasyon, nang walang sinumang sumasamba sa kanila, kung hahayaan mong hindi sila makahikayat ng mga tao, nang walang katayuan, sasaktan ka nila nang may mapaminsala at malademonyong mga kuko, para pahirapan ka. Kapag may mga nangyayari sa isang iglesia, at may isang tao na gusto itong iulat sa ang Itaas, papayagan ba siya ng lider ng iglesia na gumawa ng ulat, kung ang lider ay isang anticristo? Hindi siya pahihintulutan nito. Sasabihin nito, “Kung mag-uulat ka, ikaw ang mananagot sa mga kahihinatnan! Kung pupungusan tayo ng ang itaas at magpapaalis ng mga tao sa ating iglesia, sisiguraduhin kong magsisisi ka—hihimukin ko ang lahat na abandonahin ka. Magkagayon ay maramdaman mo kung ano ang pakiramdam ng mapaalis!” Hindi ba’t tinatakot at pinagbabantaan nito ang taong mag-uulat? Sinasabi ng anticristo, “Natatangi ang diyos, hindi ba? Sige; magiging natatangi rin ako. Ang sinasabi ko ang nasusunod sa ating iglesia. Anuman ang gusto mong gawin, kailangang dumaan muna ito sa akin—at hindi ka makakalampas sa akin. Gusto mo akong lampasan? Kakailanganin mo muna akong patayin! Ako ang naghahari sa ating iglesia; ang sinasabi ko ang nasusunod dito. Ako ang katotohanan—ako ang natatangi!” Hindi ba’t ito ay isang demonyo na nagpapamalas? Oo—ang maladiyablong hitsura nito ay nalalantad, ang mga maladiyablong salita nito ay nabibigkas.

Tungkol sa kung paano tinatrato ng mga anticristo ang diwa ng Diyos, nagsisimula sila sa hindi paniniwala at mga pagdududa, pagkatapos ay naghihintay sila at sumusubok, at sa huli ay humahatol sila at naglalapastangan. Paunti-unti sila nitong dinadala sa isang kumunoy, isang walang-hanggang bangin, at dinadala sila nito sa landas ng paglaban sa Diyos at pagiging kaaway Niya, pagiging ganap na salungat sa Kanya, at pagtutol sa Kanya hanggang sa wakas, kung saan wala nang balikan. Hindi lang sila nabibigong aminin ang pag-iral ng diwa ng Diyos—sa halip, lumilitaw sa kanila ang lahat ng uri ng mga kuru-kuro at imahinasyon tungkol sa bawat aspekto ng diwa ng Diyos, na siyang kanilang ginagamit para ilihis ang mga tao sa palibot nila at ang mga taong nakakasalamuha nila. Ang layon nila ay ang gawing kagaya nila ang mas maraming tao, na pinagdududahan ang pag-iral ng Diyos at ang pag-iral ng Kanyang diwa. Kapag namatay sila, gusto pa nilang hilahin pababa ang iba kasama nila. Hindi sapat para sa kanila na gumawa ng masasamang bagay nang sila lang—gusto nilang makahanap ng iba na makakasama nila, para gumawa ng masasamang bagay kasama nila, para labanan ang Diyos at guluhin ang gawain ng Kanyang sambahayan kasama nila, para pagdudahan at itatwa ang Diyos kasama nila. Puno ng mga kuru-kuro at imahinasyon ang mga anticristo tungkol sa bawat aspekto ng diwa ng Diyos. Bukod sa hindi nila magawang malaman ang diwa ng Diyos mula sa lahat ng Kanyang ginagawa—mahigpit din nilang susuriin,

aaralin, susubukin, at hahatulan ang diwa ng Diyos, at palihim pa ngang makikipagtunggali sa Diyos, na sinasabing: “Hindi ba’t natatangi ka? Hindi ba’t ikaw ang diyos na may kataas-taasang kapangyarihan sa kapalaran ng sangkatauhan? Paano mo napahintulutang mangyari sa mga taong nananampalataya sa iyo ang gayong mga bagay? Kung ikaw ang natatanging diyos, hindi mo dapat payagan ang anumang puwersang kaaway na manghimasok sa iyong lugar ng gawain.” Anong klaseng pagsasalita iyon? Sa tuwing may nangyayari sa iglesia, unang tatayo ang mga anticristo at magsasabi ng mga bagay na nakakapagpahina, ng mga negatibo at mapanghusgang salita. Sila ang unang tatayo at makikipagtalo sa Diyos, kokomprontahin Siya, igigiit na gawin Niya ang ganito at ganyang bagay. Sobrang saya ng mga anticristo sa mga oras na partikular na nahaharap sa mga suliranin o masalimuot na problema ang sambahayan ng Diyos. Iyon ang mga oras kung kailan sila ay pinakamasaya at pinakanatutuwa, kung kailan sila nakakatalon nang napakataas nang dahil sa tuwa. Bukod sa hindi nila magawang itaguyod ang mga interes ng sambahayan ng Diyos—hindi, nakatayo lang sila sa gilid-gilid, nanonood at tumatawa, sabik na naghihintay na lumitaw ang paghihimagsik sa sambahayan ng Diyos, na ang lahat ng Kanyang hinirang na mga tao ay mahuli at magkawatak-watak, at hindi na makausad ang gawain ng Kanyang sambahayan. Magkagayon, magiging masaya sila katulad ng kanilang kasiyahan kapag bisperas ng Bagong Taon. At sa tuwing naayos at nalulutas ang isang bagay na nangyayari sa sambahayan ng Diyos, kapag may nakuhang aral mula rito ang mga kapatid, doon ibababa ang “hatol” ng mga anticristo. Iyon din ang oras kung kailan ang mga anticristo ay pinakanasisiraan ng loob, malungkot, at naghihinagpis. Hindi nila matiis na makita ang mga kapatid na nasa mabuting kalagayan, o ang mga tagasunod ng Diyos na may pananalig, at puno ng kumpiyansa habang sumusunod sa Diyos; hindi nila matiis na makita ang mga kapatid na nagbabago ang disposisyon sa ilalim ng gabay ng mga salita ng Diyos, at tapat na ginagawa ang kanilang mga tungkulin, at nagiging mas maayos ang gawain. Hindi nila matiis na makita na umuunlad ang iglesia, o na unti-unting umuusad sa magandang direksyon ang plano ng pamamahala ng Diyos—at higit pa nilang kinamumuhian kapag ang mga tao ay palaging nangangaral ng mga salita ng Diyos, nagpapatotoo para sa Kanya, at pinupuri ang Kanyang pagiging kaibig-ibig at ang Kanyang matuwid na disposisyon. At higit pa roon, napopoot sila kapag naghahanap sa Diyos ang mga tao, nananalangin sa Kanya, at naghahanap ng Kanyang mga salita kahit ano man ang mangyari sa kanila, nagpapasakop sa Diyos at sumusunod sa pamamatnugot ng Diyos. Kahit na kumakain ang mga anticristo mula sa sambahayan ng Diyos, tinatamasa ang mga salita ng Diyos, at tinatamasa ang lahat ng mga benepisyo ng Kanyang sambahayan, madalas silang nagnanais na magkaroon ng pagkakataong pagtawanan ang sambahayan ng Diyos. Sabik silang naghihintay na magkawatak-watak ang lahat ng mananampalataya sa Diyos, at hindi na makausad pa ang gawain ng Diyos. Kaya, kapag may nangyayari sa sambahayan ng Diyos, sa halip na ipagtanggol ito, o mag-isip ng mga paraan para lutasin ang isyu, o protektahan ang mga kapatid nang buong lakas

nila, o makiisa sa kanila para ayusin ang isyu nang magkakasama, sama-samang humarap sa Diyos at magpasakop sa Kanyang kataas-taasang kapangyarihan, tatayo lang sa gilid ang mga anticristo, nang tumatawa, nagbibigay ng mapaminsalang payo, nangwawasak at nanggugulo. Sa isang kritikal na sandali, mag-aalok pa sila ng tulong sa mga tagalabas sa kapinsalaan ng sambahayan ng Diyos, kaya't umaakto sila bilang mga alipin ni Satanas, sadyang ginugulo at winawasak ang mga bagay. Hindi ba't kaaway ng Diyos ang gayong tao? Kapag mas kritikal ang sandali, mas malinaw na nalalantad ang kanilang maladiyablong wangis; kapag mas kritikal ang sandali, mas maraming nangyayari, mas detalyado at ganap ang pagkakalantad ng kanilang maladiyablong wangis; kapag mas kritikal ang sandali, mas maraming tulong ang ibinibigay nila sa mga tagalabas sa kapinsalaan ng sambahayan ng Diyos. Anong klase sila? Mga kapatid ba ang gayong mga tao? Sila ang mga taong gumagawa ng mapanira at kasuklam-suklam na mga bagay; mga kaaway sila ng Diyos; mga diyablo sila, mga Satanas sila; masasamang tao sila, mga anticristo. Hindi sila mga kapatid, at hindi sila maliligtas. Kung talagang mga kapatid sila, mga tao ng sambahayan ng Diyos, kung gayon, sa anumang problema na lumitaw sa Kanyang sambahayan, makikipagkaisa sila sa puso at isipan ng kanilang mga kapatid para harapin at ayusin ito nang magkakasama. Hindi sila tatayo lang sa gilid, lalong hindi sila manonood lamang at tatawa. Tanging ang mga taong katulad ng mga anticristo ang tatayo sa gilid, tatawa, at sabik na maghihintay na mangyari ang masasamang bagay sa sambahayan ng Diyos.

Maaaring mailantad ang diwa ng mga anticristo sa anumang usapin. Hindi ito maitatago. Anuman ang ginagawa nila, anuman ang isyu, kasuklam-suklam sa tao at sa Diyos ang lahat ng pananaw at disposisyon na kanilang ibinubunyag. Hindi lamang sila nagdudulot ng pagkasira, pagkagambala, at kaguluhan sa lahat ng uri ng mga bagay na nagaganap, habang tumatawa sa gilid—madalas din nilang binabangga ang Diyos at sinusubok ang Diyos. Ano ang ibig sabihin ng subukin ang Diyos? (Sa puso nila, hindi sila nananampalataya sa Diyos, at nagsasabi sila ng ilang bagay o gumagamit ng ilang panlalansi para subukin ang mga kaisipan ng Diyos, sinusubukang alamin kung ano ito.) Nakikita mong madalas itong mangyari. Sa kaso ni Job, paano sinubukan ni Satanas ang Diyos? (Sa unang beses na nagsalita si Satanas, sinabi nito na kung aalisin ng Diyos ang pamilya at mga ari-arian ni Job, hindi na niya sasambahin ang Diyos; sa ikalawang beses, sinabi nito na kung sasaktan ng Diyos ang laman at buto ni Job, itatatwa niya ang Diyos. Gusto ni Satanas na subukin ang Diyos sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga sakuna kay Job.) Isa bang pagsubok iyon? Isa ba iyong tumpak na kahulugan ng salita? (Hindi.) Sa mas tumpak na pananalita, tumutukoy sa isang paratang ang mga siping iyon. Ang ibig sabihin ni Satanas sa pagsasabi ng mga bagay na iyon ay, "Hindi ba't sinabi mo na isang perpektong tao si Job? Sa lahat ng magandang bagay na ibinigay mo sa kanya, paanong hindi siya sasamba sa iyo? Kung aalisin mo sa kanya ang magagandang bagay na iyon, sa palagay mo ba ay sasamba pa rin siya sa iyo?" Iyon ay isang paratang. Kung gayon, anong uri ng bagay ang isang pagsubok?

Nagpadala si Satanas ng mga magnanakaw para nakawin at samsamin ang mga ari-arian ni Job. Para kay Job, isa iyong pagsubok. Paano iyon naging isang pagsubok? Ganito: “Hindi ba’t nananampalataya ka sa diyos? Kapag inalis ko ang mga bagay na ito sa iyo, tingnan natin kung maniniwala ka pa rin sa kanya!” Pero paano iyon naunawaan ni Job? Dahil naniniwala siyang isa itong pagsubok mula sa Diyos, hindi siya lumaban o tumutol, ni nagsalita ng anuman—nagpasakop siya, at tinanggap niya ito mula sa Diyos. Mayroon ding mga bagay na nangyari sa Panginoong Jesus: hinimok Siya ni Satanas na gawing pagkain ang mga bato, at pinakita nito sa Kanya ang lahat ng kaluwalhatian at kayamanan sa mundo, at hinimok Siyang yumuko at sumamba rito. Tukso ang mga iyon. Ngayon, anong mga bagay ang ginagawa ng mga anticristo bilang pagsubok sa Diyos? (Walang may-takot-sa-Diyos na puso ang mga anticristo. Gumagawa sila ng kasamaan, kahit alam nilang masama ito; gusto nilang subukin ang Diyos para makita kung paparusahan sila ng Diyos. Dahil hindi sila naniniwala sa matuwid na disposisyon ng Diyos, kapag gumagawa sila ng kasamaan, wala silang kamalayan ng konsensiya.) Isa iyong pagsubok. Ginagawa nila ito nang may maghintay at tingnan ang mangyayaring kaisipan; gusto nilang makita kung ano talaga ang gagawin ng Diyos: “Hindi ba’t maharlika at napopoot ang diyos? Pinahihirapan ko ang iglesia at napakarami kong nagawang masamang bagay sa likod ng diyos at ng tao—alam ba ito ng diyos, o hindi? Kung walang kalungkutan sa loob ko at hindi ako nagdurusa ng kaparusahan sa laman, ibig sabihin, hindi ito alam ng diyos.” Gumagawa sila ng maliliit na hakbang para subukan kung makapangyarihan ba sa lahat ang diyos, para subukan kung pinagmamasdan Niya ang kaibuturan ng puso ng tao. Iyon ang mga pagsubok. Gusto nilang patunayan ang pagiging totoo ng usapin, para subukan kung ang Diyos ay talagang kikiilos at kung Siya ay talagang umiiral. Iyon ang mga pagsubok.

Minsan, may isang anticristo sa mainland Tsina na nanlihis ng isang grupo ng mga tao. Nakita niya na nag-oorganisa ang sambahayan ng Diyos ng mga koro at umaawit ng mga himno sa ibang bansa, at naisip niya, “Kung kaya nilang bumuo ng mga koro sa ibang bansa, kaya rin naming gawin ito dito.” Kaya tinipon niya ang mga tao mula sa iba’t ibang lugar para umawit sa isang koro. Nagtipon din siya ng maraming tagapakinig para sa kanila; isa itong malaking pangyayari. Bakit niya ito ginawa? Sa isang banda, nagtatayo siya ng isang nagsasariling kaharian, na hindi na kailangan pa ng karagdagang paliwanag. Sa kabilang banda, ang ibig niyang sabihin ay, “Tunay na diyos ang diyos na pinaniniwalaan natin, at nasa atin ang gawain ng banal na espiritu. Maaaring nasa isang mapanganib na kapaligiran tayo, na inuusig ng malaking pulang dragon at mahigpit tayo nitong binabantayan, pero ipakita natin sa mga tao kung pinoprotektahan ba tayo ng diyos o hindi. Tingnan natin kung may mangyayari sa atin; tingnan natin kung maaresto tayo.” Anong uri ng pag-iisip iyon? (Isang pag-iisip ng pagsubok.) Ito ay pagsubok—hayagan itong pagpoproklama at paggamit ng mga islogan gaya ng paniniwala na ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat at nasa lahat ng dako para siyasatin kung ano ang aktuwal na gagawin ng Diyos, makipagpustahan sa Kanya, at makipagtagisan sa Kanya.

Tinatawag iyon na “pagsubok.” Para sa ilang tao, kapag sinabi sa kanila ng iba, “Hindi mo puwedeng kainin ito; sasakit ang tiyan mo,” sinasabi nila, “Hindi ako naniniwala sa iyo, kakainin ko ito! Tingnan natin kung bibigyan ako ng Diyos ng sakit sa tiyan o hindi.” Kaya’t kinakain nila ito, at sumasakit nga ang kanilang tiyan. Iniisip nila, “Bakit hindi ako prinotektahan ng Diyos? Sumasakit ang tiyan ng ibang tao dahil dito, pero dahil iyon sa hindi sila nananampalataya sa Diyos. Nananampalataya ako sa Diyos; bakit sumakit ang tiyan ko katulad ng sa iba?” Anong uri ng pag-uugali ito? (Pagsubok.) Resulta ito ng hindi nila pagkakilala sa Diyos. Pero sa mga anticristo, mayroon pang karagdagan: Hindi talaga nila inaamin ang pag-iral ng diwa ng Diyos, kaya ginagawa nila ang mga bagay sa kanilang mga sariling pagsisikap at kanilang sariling mga imahinasyon, at hindi nila ginagawa ang mga ito sa pamamagitan ng pananalig. Sa halip, sinusubukan nila ang Diyos. Ginagamit nila ang kanilang pag-uugali at ang kanilang mga panandaliang kaisipan at bugso ng damdamin para imbestigahan kung umiiral ba ang Diyos, at kung tunay ba ang Kanyang pagkamakapangyarihan-sa-lahat, at kung talaga bang kaya Niya silang protektahan. Kung magtatagumpay ang kanilang eksperimento, magpapatuloy ang kanilang pananalig batay roon; kung mabibigo ito, kung madidismaya sila sa Diyos, ano ang gagawin nila? Sasabihin nila, “Hindi na ako maniniwala sa diyos. Para bang hindi siya nagmamalasakit sa mga tao. Sinasabi ng lahat na kanlungan ng tao ang diyos—ayon sa nakikita ko, hindi naman ganoon ang nangyayari. Sa mga salitang ito, kailangang gumawa ang mga tao ng mga backup na plano para sa kanilang sarili sa hinaharap; hindi sila puwedeng maging ganoon kahangal sa mga bagay. Kailangang lutasin ng mga tao ang kanilang mga usapin nang sila lang—hindi sila puwedeng umasa sa diyos sa lahat ng bagay.” Iyon ang resultang nalaman nila sa kanilang pagsubok. Ano ang masasabi mo sa resultang ito? Ito ba ang magiging resulta para sa mga tao kung hinahangad nila ang katotohanan? (Hindi.) Bakit hindi? Kung hinahangad ng mga tao ang katotohanan, sa huli, makakamtan nila ang mabuti at positibong tagumpay at gantimpala. Ibig sabihin, anumang mga bagay na ginagawa ng mga tao, may mga paraan at prinsipyo ang Diyos kung paano Siya kumikilos bilang tugon at kung paano Niya tinatrato ang mga bagay na ito, at may mga obligasyon ang mga tao na dapat gampanan at may sarili nilang mga likas na gawi. Ibinibigay ng Diyos ang kanilang mga likas na gawi sa kanila; ibinigay na Niya ang mga prinsipyo sa kanila, kaya dapat kumilos ang mga tao ayon sa mga prinsipyo sa ilalim ng gabay ng mga salita ng Diyos. Sa ilang bagay, sa panlabas, para bang dapat protektahan ng Diyos ang tao, pero “dapat” bang nagmumula iyon sa tao o sa Diyos? (Sa tao.) Ito ay kathang-isip sa isipan ng tao. Hindi ang katotohanan ang “dapat” na iyon; hindi ito responsabilidad ng Diyos. Kaya, ano na mismo ang gagawin ng Diyos? May mga paraan ang Diyos sa Kanyang pagkilos, at may mga prinsipyo Siya. Minsan, sa hindi pagprotekta sa iyo, ibinubunyag ka Niya, tinitingnan kung anong landas ang pipiliin mo. Minsan, sa pamamagitan ng isang masamang kapaligiran, pineperpekto ka Niya sa kaalaman mo sa ilang larangan, hinahayaan kang makamit ang isang aspekto ng katotohanan at magbago sa ilang aspekto. Pinalalakas

ka Niya at pinalalago ka. Sa madaling salita, paano man kumilos ang Diyos, may mga prinsipyo at mga dahilan Siya pati na rin mga mithiin at mga layunin. Kung itinuturing mo bilang katotohanan ang ideya na “dapat protektahan ako ng Diyos, at dapat Siyang kumilos sa ganitong paraan,” at itinataguyod iyon bilang gayon, kung humihingi ka sa Diyos gamit ito, kung gayon, kapag hindi kumilos ang Diyos sa paraang iyon, magkakaroon ng hidwaan sa pagitan mo at ng Diyos. Kapag lumitaw ang hidwaang ito, hindi ito kasalanan ng Diyos. Sino ang may kasalanan? (Ang tao.) Nagsisimula ito sa problema sa mga pananaw ng mga tao, sa pagkakaroon nila ng maling paninindigan, ng maling posisyon. Kapag hinihiling mong kumilos ang Diyos sa isang partikular na paraan, pakiramdam mo ay may katwiran ka. Ngunit kung isasaalang-alang mo ito mula sa ibang perspektiba, kung magpapasakop ka at tatanggap, mararamdaman mo na walang batayan ang iyong mga pangangatwiran, at na ang mga ito ay ang iyong mga tiwaling disposisyon at mga hindi makatwirang hinihingi. Kapag kaya mo nang tumanggap, ipagkakaloob sa iyo ng Diyos ang sukat ng katotohanan at kaalaman na dapat mong matamo. Sa Kanyang pananaw, iyon ang elemento ng katotohanan na pinakakailangan mong matamo, hindi ilang walang-halagang biyaya o pagpapala. Ang Diyos lang ang nakakaalam kung ano ang pinakamahalaga para sa iyo, at nagtutustos Siya sa mga tao at nagbibigay sa kanila sa tamang oras at sa tamang sukat. Sa kabilang banda, hindi inaamin ng mga anticristo ang katotohanan o ang gawain ng Banal na Espiritu. Sinuman ang magbahagi tungkol sa katotohanan at magpatotoo sa pagmamahal at pagliligtas ng Diyos, hindi lamang ito tatanggihan ng isang anticristo, masusuklam at tututol pa siya rito. Ito ang pagkakaiba sa pagitan ng mga anticristo at ng mga karaniwang tiwaling tao.

Tatapusin na natin ang ating pagbabahaginan dito tungkol sa katangian ng mga anticristo ng pagtanggap sa pagkakakilanlan ng Diyos at sa Kanyang diwa ng pagiging natatangi. May mga tanong pa ba kayo? (O Diyos, may tanong ako. Nakakasalamuha ko ang maraming mananampalataya ng Panginoon kapag nangangaral ako ng ebanghelyo, at masyado silang mahigpit sa paghawak nila sa pananaw ni Pablo na nagsasabing, “Sa akin ang mabuhay ay si cristo.” Iniisip nila na kung maaabot nila ang pamantayan ng mga salita ni Pablo, puwede silang maging diyos. Isa pa ba itong pagpapamalas ng mga anticristo, at pagtanggap rin sa diwa ng pagiging natatangi ng diyos?) Oo, maaaring sabihing ganoon nga. Itinatatwa ng mga anticristo ang pagiging natatangi ng Diyos dahil, sa pangunahin, gusto nilang maging diyos. Ang mga salita ni Pablo ang kanilang partikular na paborito: “Para sa akin, ang mabuhay ay si cristo, ang mabuhay ay diyos, nang may buhay ng diyos ako ay diyos.” Naniniwala sila na, kung totoo ang pananaw na ito, may pag-asa silang maging diyos, mamuno bilang hari, at makontrol ang mga tao; kung hindi, maglalaho ang pag-asa nilang mamuno bilang hari at maging diyos. Sa madaling salita, laging gusto ni Satanas na maging kapantay ng Diyos—at gayon din ang mga anticristo: Taglay rin nila ang diwang ito. Halimbawa, sa mga tao na sumusunod sa Diyos, may mga tao na palaging dumadakila sa Diyos at nagpapatotoo sa Kanya, nagpapatotoo sa Kanyang gawain at sa epekto ng paghatol at pagkastigo ng Kanyang

mga salita sa tao. Pinupuri nila ang lahat ng gawaing ginagawa ng Diyos para iligtas ang tao, at pinupuri din nila ang ibinayad ng Diyos. Nais din bang matamasa ng mga anticristo ang lahat ng ito, o hindi? Nais nilang magtamasa ng suporta, pambobola, pagdakila—maging ng papuri ng mga tao. At anong iba pang nakakahiyang mga ideya ang naiisip nila? Nais nila na maniwala sa kanila ang mga tao, na umasa sa kanila sa lahat ng bagay; ayos lang na umasa rin ang mga tao sa Diyos—ngunit kung, kasabay ng pag-asa nila sa Diyos, mas makatotohanan at tunay ang umasa sila sa mga anticristo, masisiyahan nang husto ang mga anticristo. Kung, kasabay ng pagpuri mo sa Diyos at pagbibilang ng mga biyayang naibigay ng Diyos sa iyo, sinuma mo rin ang lahat ng kapuri-puring merito ng mga anticristo, at pinuri ninyo sila ng iyong mga kapatid, ibinabalita sa buong paligid ang lahat ng ginagawa nila, malulugod sila nang husto sa kanilang puso at makukontento. Kaya, mula sa pananaw ng kalikasang diwa ng mga anticristo, kapag sinabi mo na ang Diyos ay nagtataglay ng awtoridad, na Siya ay matuwid, at na kaya Niyang iligtas ang mga tao, kapag sinabi mo na ang Diyos lamang ang may gayong diwa, na ang Diyos lamang ang makakagawa ng ganitong klase ng gawain, at walang maaaring humalili sa Kanya o kumatawan sa Kanya sa paggawa ng mga bagay na ito, ni walang maaaring magtaglay ng diwang ito at gumawa ng mga bagay na ito: kapag sinabi mo ito, hindi tinatanggap ng mga anticristo, sa puso nila, ang mga salitang ito, at ayaw nilang aminin ang mga ito. Bakit ayaw nilang tanggapin ang mga ito? Dahil mayroon silang mga ambisyon—isang panig iyon ng isyu. Ang kabilang panig ay na hindi sila naniniwala, ni hindi nila inaaming Diyos ang laman na nagkatawang-tao. Tuwing may nagsasabi na ang Diyos ay natatangi, na Diyos lamang ang matuwid, nagpapahayag sila ng pagtutol sa puso nila at lihim na nilalabanan ito, na sinasabing: “Mali—matuwid din ako!” Kapag sinabi mo na ang Diyos lamang ang banal, sasabihin nilang: “Mali—banal din ako!” Isang halimbawa nito si Pablo: Nang ipakalat ng mga tao ang salita ng Panginoong Jesucristo, sinasabi na ibinigay ng Panginoong Jesucristo ang Kanyang mahalagang dugo para sa sangkatauhan, na nagsilbi Siyang isang handog para sa kasalanan, at iniligtas Niya ang buong sangkatauhan, at tinubos Niya ang buong sangkatauhan mula sa kasalanan—ano ang nadama ni Pablo nang marinig niya ito? Inamin ba niya na lahat ng ito ay gawain ng Diyos? Inamin ba niya na Siya na kinayang gawin ang lahat ng ito ay si Cristo, at na si Cristo lamang ang maaaring gumawa ng lahat ng ito? At inamin ba niya na tanging Siya na kinayang gawin ang lahat ng ito ang maaaring kumatawan sa Diyos? Hindi. Sabi niya: “Kung maaaring ipako sa krus si Jesus, maaari ding ipako sa krus ang mga tao! Kung kaya niyang ibigay ang kanyang mahalagang dugo, kaya rin iyon ng mga tao! Dagdag pa rito, kaya ko ring mangaral, at mas maalam ako kaysa sa kanya, at kaya kong magtiis ng pagdurusa! Kung sinasabi mo na siya ang cristo, hindi ba’t dapat din akong tawaging cristo? Kung ipoproklama mo ang kanyang banal na pangalan, hindi ba’t dapat mo ring iproklama ang pangalan ko? Kung akma siyang tawaging cristo, kung maaari siyang kumatawan sa diyos, at kung siya ang anak ng diyos, hindi ba’t tayo rin? Tayo na nagagawang magdusa at magbayad

ng halaga, at nakakayang magpakahirap at gumawa para sa diyos—hindi ba’t maaari din tayong matawag na cristo? Paano nga ba naiiba ang masang-ayunan ng diyos at ang matawag na cristo sa pagiging cristo mismo?” Sa madaling salita, nabigo ang mga anticristo na maarok ang aspekto ng diwa ng Diyos na Kanyang pagiging natatangi, at hindi nila nauunawaan kung ano talaga ang kahulugan ng pagiging natatangi ng Diyos. Naniniwala sila na, “Ang pagiging cristo o pagiging diyos ay isang bagay na pinagsusumikapan batay sa kagalingan ng kasanayan at kakayahan, katulad ng pagkamit ng kapangyarihan sa pamamagitan ng pakikipaglaban. Hindi ka matatawag na cristo sa pamamagitan ng pagkakaroon ng diwa ng diyos. Ang pagiging cristo ay ang pinagsumikapang resulta ng kasanayan mismo ng isang tao; katulad lang ito ng kung paano talaga ang mga bagay-bagay sa mundo—kung sino ang mas may kasanayan at mas may kakayahan ay siyang puwedeng maging isang mataas na opisyal at maaaring magkaroon ng huling pasya.” Ito ang katwiran nila. Hindi inaamin ng mga anticristo ang salita ng Diyos bilang ang katotohanan. Hindi nila maintindihan ang diwa at disposisyon ng Diyos na binabanggit sa mga salita ng Diyos; sila ay mga karaniwang tao at tagalabas, wala silang kaalam-alam, kaya ang kanilang pananalita ay binubuo lamang ng mga salita ng mga tagalabas, mga salitang walang espirituwal na pagkaunawa. Kung nakagawa na sila nang ilang taon, at iniisip nila na kaya nilang magdusa at magbayad ng halaga, na kaya nilang magyabang nang husto habang nangangaral ng mga doktrina, na natuto na silang maging mapagpaimbabaw at kaya nilang ilihis ang iba, at natamo na nila ang papuri ng ilan—pagkatapos ay naniniwala sila, tulad ng inaasahan, na kaya nila na maging cristo at maging diyos.

May mga tanong pa ba kayo? (O Diyos, puwede Ka po bang magbahagi sa amin tungkol sa kung ano ang kahulugan ng pagsubok sa Diyos? Sa anong mga paraan naipapamalas ang pagsubok ng mga tao sa Diyos?) Ang pagsubok sa Diyos ay kapag hindi alam ng mga tao kung paano kumikilos ang Diyos, at kapag hindi Siya nila kilala o nauunawaan, madalas silang humingi ng hindi makatwiran sa Kanya. Halimbawa, kapag may sakit ang isang tao, maaaring ipagdasal niya na pagalingin siya ng Diyos. “Hindi ako magpapagamot—tingnan natin kung papagalingin ako ng Diyos o hindi.” At kaya naman, pagkatapos ng maraming panalangin nang walang aksiyon mula sa Diyos, sasabihin niya, “Dahil walang ginawa ang Diyos, maggagamot ako at tingnan natin kung hahadlangan Niya ako. Kung bumara ang gamot sa aking lalamunan, o kung matapon ko ang tubig, maaaring paraan ito ng Diyos para hadlangan ako sa pag-inom nitong gamot.” Iyon ang tinatawag na pagsubok. O halimbawa, sinabihan kang mangaral ng ebanghelyo. Sa normal na mga sitwasyon, nagdedesisyon ang lahat sa pamamagitan ng pagbabahaginan at deliberasyon kung ano ang kailangan sa mga tungkulin mo at kung ano ang dapat mong gawin, at pagkatapos, kikilos ka kapag oras na. Kung mayroong mangyayari habang kumikilos ka, kataas-taasang kapangyarihan iyon ng Diyos—kung hahadlangan ka ng Diyos, gagawin Niya ito nang kusa. Gayumpaman, sabihin natin na binibigkas mo sa iyong panalangin, “O Diyos, lalabas ako ngayon para

ipangaral ang ebanghelyo. Naaayon ba sa layunin Mo na lumabas ako? Hindi ko alam kung matatanggap ba ito ng potensyal na tatanggap ng ebanghelyo ngayon o hindi, o kung paano Mo mismo paghaharian ito. Hinihiling ko ang Iyong mga pagsasaayos, ang Iyong paggabay, ipakita Mo sa akin ang mga bagay na ito.” Pagkatapos magdasal, nakaupo ka lang doon, nang hindi gumagalaw, at sasabihin mo, “Bakit walang anumang sinasabi ang Diyos tungkol doon? Siguro ay dahil hindi sapat ang pagbabasa ko sa Kanyang mga salita, kaya hindi Niya maipakita sa akin ang mga bagay na iyon. Kung gayon, lalabas na ako kaagad. Kung madadapa ako roon, maaaring iyon ang pagpigil sa akin ng Diyos na pumunta roon, at kung magiging maayos ang lahat at hindi ako hahadlangan ng Diyos, maaaring iyon ang pagpayag ng Diyos na umalis ako.” Iyon ay isang pagsubok. Bakit natin iyon tinatawag na isang pagsubok? Praktikal ang gawain ng Diyos; ayos lang na gampanan lamang ng mga tao ang mga tungkulin nila, mag-ayos ng kanilang pang-araw-araw na pamumuhay, at ipamuhay ang kanilang mga buhay ng normal na pagkatao sa paraan na naaayon sa mga prinsipyo. Hindi na kailangan pang subukin kung paano kikilos ang Diyos o kung anong gabay ang Kanyang ibibigay. Tumutok ka lang sa kung ano ang dapat mong gawin; huwag laging magkaroon ng mga karagdagang kaisipan tulad ng, “Pinapayagan ba ako ng Diyos na gawin ito, o hindi? Kung gagawin ko ito, paano ako pangangasiwaan ng Diyos? Tama ba na gawin ko ito sa ganitong paraan?” Kung malinaw namang tama ang isang bagay, kung gayon, ang alalahanin mo lamang ay ang paggawa nito; huwag ka nang mag-isip ng kung ano-ano. Ayos lang na magdasal, siyempre, na magdasal para sa paggabay ng Diyos, na gagabayan Niya ang iyong buhay sa araw na ito, na gagabayan Niya ang tungkuling gagampanan mo ngayong araw. Sapat nang mayroong puso at saloobin ng pagpapasakop ang isang tao. Halimbawa, alam mo na kung hahawakan mo ang kuryente, makukuryente ka, at maaari kang mamatay. Gayumpaman, pinag-iisipan mo ito: “Hindi ako dapat mag-alala, pinoprotektahan ako ng Diyos. Kailangan ko lang itong subukan, para tingnan kung poprotektahan ako ng Diyos, at para maramdaman ko kung paano ba ang proteksiyon ng Diyos.” Pagkatapos ay hahawakan mo ang kuryente, at bilang resulta, makukuryente ka—iyon ay isang pagsubok. Malinaw na mali ang ilang bagay at hindi dapat gawin. Kung gagawin mo pa rin ang mga ito, para makita kung ano ang magiging reaksiyon ng Diyos, isang pagsubok iyon. Sinasabi ng ilang tao, “Ayaw ng Diyos kapag nagdadamit nang bongga at naglalagay ng makapal na kolorete sa mukha ang mga tao. Gagawin ko iyon at titingnan ko kung ano ang pakiramdam ng sinasaway ako ng Diyos sa loob ko.” Kaya, pagkatapos nilang maglagay ng kolorete, tumitingin sila sa salamin: “Ano ba yan, mukha akong multo, pero nararamdaman ko lang na medyo nakakasuklam ito at hindi ko kayang tumingin sa salamin. Wala na akong iba pang nararamdaman bukod doon—hindi ko nararamdaman ang pagkasuklam ng Diyos, at hindi ko nararamdaman ang pagdating ng Kanyang mga salita, para hampasin ako at hatulan ako.” Anong uri ng pag-uugali ito? (Panunubok.) Kung pabaya ka minsan sa iyong tungkulin, at alam na alam mo ito, sapat nang magsisi at magbago ka. Pero palagi kang nagdarasal, “O Diyos,

naging pabaya ako—hinihiling kong disiplinahin Mo ako!” Ano ang silbi ng iyong konsensiya? Kung may konsensiya ka, dapat mong panagutan ang sarili mong pag-uugali. Dapat mo itong kontrolin. Huwag kang magdasal sa Diyos—magiging isang pagsubok ang panalangin na iyon. Ang gawing biro, gawing pagsubok ang isang napakaseryosong bagay, ay isang bagay na kinasusuklaman ng Diyos. Kapag nagdarasal sa Diyos ang mga tao at hinahanap Siya kapag may hinaharap na isyu, at pati na rin sa ilan sa kanilang mga saloobin, hinihingi, at mga paraan ng paggawa ng mga bagay sa kanilang pagtrato sa Diyos, madalas na lilitaw ang ilang pagsubok. Ano ang pangunahing nilalaman ng mga panunubok na ito? Ito ay iyong gusto mong makita kung paano kikilos ang Diyos, o gusto mong makita kung kaya o hindi kaya ng Diyos na gawin ang isang bagay. Gusto mong subukin ang Diyos; gusto mong gamitin ang bagay na ito para patunayan kung ano ang Diyos, para patunayan kung alin sa mga salitang sinabi ng Diyos ang tama at tumpak, kung alin ang puwedeng magkatotoo, at kung alin ang kaya Niyang isakatuparan. Pagsubok ang lahat ng ito. Regular bang lumilitaw sa inyo ang mga paraang ito ng paggawa ng mga bagay? Sabihin nating may isang bagay na hindi mo alam kung tama ba ang ginawa mo, o kung naaayon ba ito sa mga katotohanang prinsipyo. Dito, mayroong dalawang paraan na puwedeng makumpirma kung pagsubok ba ang iyong ginawa sa usaping ito, o kung positibo ba ito. Ang isang paraan ay ang magkaroon ng pusong mapagpakumbaba at naghahanap sa katotohanan, na nagsasabing, “Ganito ko pinangasiwaan at tiningnan ang bagay na ito na nangyari sa akin, at kung kumusta na ito ngayon, bilang resulta ng aking pangangasiwa rito sa ganoong paraan. Hindi ko matukoy kung ito ba talaga ang dapat kong ginawa.” Ano ang palagay mo sa saloobing ito? Isa itong saloobin ng paghahanap sa katotohanan—walang panunubok dito. Ipagpalagay na sinasabi mo, “Magkakasamang nagpapasya ang lahat sa bagay na ito, pagkatapos ng pagbabahaginan.” May nagtanong, “Sino ang namamahala rito? Sino ang pangunahing nagpapasya?” At sasabihin mo: “Ang lahat.” Ganito ang layunin mo: “Kung sasabihin nilang pinangasiwaan ang bagay na ito nang alinsunod sa mga prinsipyo, sasabihin kong ako ang gumawa nito. Kung sasabihin nilang hindi ito pinangasiwaan nang alinsunod sa mga prinsipyo, uumpisahan kong itago kung sino ang gumawa nito at kung sino ang nagdesisyon. Sa ganitong paraan, kahit na ipilit nilang ibaling ang sisi, hindi nila ito ibabaling sa akin, at kung may ipapahiya, hindi lang ako mag-isa.” Kung magsalita ka nang may ganoong uri ng layunin, iyon ay isang pagsubok. Maaaring may magsabi, “Kinasusuklaman ng Diyos kapag sumusunod ang tao sa mga makamundong bagay. Kinasusuklaman Niya ang mga bagay tulad ng mga araw ng paggunita at mga kapistahan ng sangkatauhan.” Ngayong alam mo na ito, puwede mo na lang gawin ang iyong makakaya para iwasan ang gayong mga bagay, hangga’t maaari. Gayumpaman, sabihin nating sinasadya mong sumunod sa mga makamundong bagay habang ginagawa ang mga bagay sa isang kapistahan, at habang ginagawa mo ang mga ito, ganito ang layuning kinikimkim mo: “Tinitingnan ko lang kung didisiplinahin ba ako ng Diyos sa paggawa nito, kung bibigyang-pansin ba Niya ako.

Tinitingnan ko lang kung ano ang tunay na saloobin Niya sa akin, kung gaano kalalim ang Kanyang pagkasuklam. Sinasabi nilang kinasusuklamang ito ng Diyos, sinasabi nilang Siya ay banal at kinapopootan Niya ang kasamaan, kaya titingnan ko kung paano Niya kinapopootan ang kasamaan at kung paano Niya ako didisiplinahin. Kung, kapag ginagawa ko ang mga bagay na ito, binibigyan ako ng Diyos ng pagsusuka at pagtatae, iginugupo ako sa hilo, nang hindi makabangon mula sa kama, kung gayon ay tila kinasusuklamang talaga ng Diyos ang mga bagay na ito. Hindi lang Siya magsasalita—ang mga katunayan ang magpapatunay.” Kung palagi kang umaasa na makakita ng gayong eksena, anong uri ng pag-uugali at mga intensiyon ang mayroon ka? Sinusubok mo ang Diyos. Hindi dapat kailanman subukin ng tao ang Diyos. Kapag sinusubok mo ang Diyos, nagtatago Siya sa iyo, itinatago Niya ang Kanyang mukha sa iyo, at walang silbi ang mga panalangin mo. Maaaring magtanong ang ilan, “Hindi ba ito gagana kahit na taos-puso ako?” Oo, kahit na taos-puso ka. Hindi hinahayaan ng Diyos ang mga tao na subukin Siya; kinapopootan Niya ang kasamaan. Kapag tinutulutan mong pumasok ang masasamang ideya at pag-iisip na ito, pagtataguan ka ng Diyos. Hindi ka na Niya bibigyang-liwanag, kundi isasantabi ka, at magpapatuloy ka sa paggawa ng mga hangal, nakakagambala, at nakakagulong bagay hanggang sa mabunyag ka. Ito ang kahihinatnan ng panunubok ng mga tao sa Diyos.

(O Diyos, may tanong ako. Ako ang nangangasiwa ng mga kagamitan sa iglesia. Palaging mapagwalang-bahala at hindi seryoso ang saloobin ko sa tungkuling ito. Tinukoy ng mga kapatid ang aking mga pagkakamali at pinungusan nila ako, at nagbahagi sila sa akin tungkol sa halimbawa na minsang ibinigay ng Diyos tungkol sa isang tao na lihim na uminom ng gamot para sa ubo: hindi siya dinisiplina o pinagsabihan ng Diyos, pero itiniwalag siya matapos niya itong inumin. Hindi kumukunsinti ng mga pagkakasala ng tao ang disposisyon ng Diyos—alam ko ang mga salitang iyon, pero mayroon akong pananaw na maawain at mapagmahal ang Diyos, na hindi Niya ako siguro tatratuhin ng katulad ng ginawa Niya sa taong iyon. Kaya, hindi ako natatakot. Batay sa pagbabahagi ng Diyos ngayong araw, pakiramdam ko ay mayroon akong saloobin ng pagdududa sa Kanyang matuwid na disposisyon, at pag-uugali ng mga anticristo: ang panunukso sa Diyos, hindi kailanman natatakot sa Kanya.) Ang saloobin ng Diyos sa isang tao ay hindi batay sa kung natatakot ba ang taong iyon sa Kanya, ni hindi ito batay sa kung anumang pansamantalang saloobin maaaring mayroon ang taong iyon sa isang partikular na usapin. Hindi itinuturing ng Diyos na mga seryosong problema ang masasamang gawi at iresponsableng pamamaraan na maaaring ipakita at ibunyag ng isang tao sa mga mababaw na usapin ng buhay. Sapat nang magawa mo lang ilaan ang iyong sarili sa iyong pangunahing tungkulin at akuin ang responsabilidad para dito. Kung pakiramdam mo ay hindi mo kailanman kayang tanggapin ang responsabilidad sa pamamahala ng kagamitan, at hindi mo mailaan ang iyong buong lakas para gawin ito nang mabuti, ano ang ipinapakita niyon? Sa isang bahagi, ipinapakita nito na hindi ka magaling sa pamamahala; bukod doon, ipinapakita nito na

hindi ka angkop sa naturang trabaho. Kung pakiramdam mo ay maaaring magdulot ng sakuna balang araw ang pananatili mo sa trabahong iyon, mas makakabuti sa iyo na magrekomenda ka ng ibang tao para dito; hayaan ang isang tao sa iglesia na angkop para sa gawain na pumalit sa iyo, pagkatapos ay gawin mo ang trabaho kung saan ka mahusay at na may interes ka, at maging tapat ka sa paggawa ng tungkuling iyon. Bukod dito, kung talagang minamahal ng isang tao ang katotohanan at talagang ninanais niyang matakot sa Diyos at umiwas sa kasamaan, at mamuhay nang may dignidad, at hindi kasuklaman ng iba, kundi igalang ng mga ito, dapat siyang maging determinadong gawin nang maayos ang lahat ng bagay. At habang ginagawa niya ito, dapat siyang magkaroon ng determinasyon sa harap ng Diyos na sabihin: O Diyos, pakiusap, disiplinahin Mo ako kung hindi mahusay ang paggampan ko—pakiusap, gawin Mo ang iyong gawain. Mahina sa pamamahala ng iba ang mga tao; sa pinakamainam, maaari nilang turuan ang isang tao na magkaroon ng talento sa iisang larangan. Pero pagdating sa landas na tinatahak ng isang tao, sa kanyang mga pananaw sa buhay, sa mga layon na pinipili niya sa buhay, at kung anong uri ng tao ang pipiliin niyang maging, walang makakatulong sa kanya. Ang mga salita ng Diyos at ang Diyos lang ang makakapagbago sa mga tao. Paano ito natutupad? Na ang mga tao mismo ay walang magawa—kailangan nilang ipaubaya sa Diyos ang mga bagay-bagay. Kaya, anong mga pamantayan ang kailangang matugunan ng isang tao para hayaang gumawa ang Diyos, bago maging handang kumilos ang Diyos? Kailangan muna niyang magkaroon ng determinasyon, dapat mayroon siya ng gayong naisin, na nagsasabing, “Alam kong hindi ko kailanman nagawa nang maayos ang gampaning ito. Hindi nasiyahan ang mga kapatid—ako mismo ay hindi nasiyahan—pero gusto ko itong magawa nang maayos. Ano ang gagawin ko? Lalapit ako sa harapan ng Diyos sa panalangin at hahayaan ko Siyang gumawa sa akin.” Kung loloobin mo na gumawa ang Diyos sa iyo, dapat mo munang magawang magdusa—kapag dinidisciplina ka ng Diyos, kapag sinasaway ka Niya, kailangang magawa mo itong tanggapin. Ang pagiging masunurin at mapagtanggap sa puso ay ang simula ng paggawa nang maayos sa anumang bagay. Patas na sabihing magkakaroon ng pagdududa ang lahat tungkol sa katuwiran at pagkamakapangyarihan—sa-lahat ng Diyos bago sila tuluyang maligtas. Ang kaibahan ay na kayang gawin nang normal ng mga ordinaryo at tiwaling tao ang kanilang tungkulin, at hangarin ang katotohanan, at unti-unting makilala ang Diyos, sa kabila ng kanilang mga pagdududa lang; aktibo at positibo ang personal nilang pagnanais. Ang mga anticristo ay ang lubos na kabaligtaran: Ang mga personal nilang pagnanais ay hindi handang tumanggap at hindi masunurin, at hindi nila minimithi na kumilala; sa halip, mapanlaban sila. Hindi sila handang tumanggap. Ano ang mabuti sa mga ordinaryo at tiwaling tao, kung gayon? Sa kaibuturan ng kanilang puso, tinatanggap at minamahal nila ang mga positibong bagay—kaya lang, dahil sa kanilang tiwaling disposisyon, may mga pagkakataong hindi nila mapigilan ang kanilang sarili, kung kailan hindi sila nakakagawa nang maayos, at ang mga bagay ay higit sa kanilang limitasyon, lampas sa kanilang kakayahan, at kaya

madalas silang negatibo at mahina ang loob, nararamdamang ayaw sa kanila ng Diyos, na kinasusuklaman sila ng Diyos. Mabuting pakiramdam ba iyon? Mabuting pakiramdam iyon—ibig sabihin nito ay may pagkakataon kang maligtas, at isa itong tanda na puwede kang maligtas. Kung ni hindi mo nararamdaman iyon, medyo maliit ang iyong pag-asa na makamit ang katotohanan at maligtas. Ang mismong pagkakaroon ng gayong pakiramdam ang nagpapakita na mayroon ka pang konsensiya, at dignidad, at integridad—na mayroon ka pa ring pagkamakatwiran. Kung ni wala ka ng mga bagay na ito, isa ka talagang anticristo, isang hindi mananampalataya. Sa kasalukuyan, mayroon ka lamang ilang pag-uugali ng isang hindi mananampalataya, kaunti ng ibinubunyag nila, kaunti ng disposisyon nila, pero hindi ka isang hindi mananampalataya. Sa tingin ng Diyos, nananampalataya ka sa Kanya, at tagasunod ka Niya, bagaman may mga nananatiling problema at kakulangan sa iyo sa landas ng pananampalataya sa Kanya, at sa iyong paghahangad, at sa iyong mga pananaw, at sa bawat aspekto ng iyong personal na buhay. Kung gayon, paano malulutas ang mga problemang ito? Madali lang iyan. Hangga’t natutugunan mo ang mga pangunahing hinihingi ng pagkakaroon ng konsensiya at katwiran, ng paghahangad sa katotohanan, at pagmamahal sa mga positibong bagay, malulutas ang lahat ng problemang ito—sa takdang panahon. Hangga’t kaya mong tanggapin ang katotohanan at ang pagtutuwid at pagdidisiplina na nagmumula sa Diyos, nalampasan mo na ang unang balakid. Ang pangalawang balakid ay na kailangan, sa parte mo, na matuto kang lutasin ang iyong tiwaling disposisyon, at ang iba’t ibang kalagayan na lumilitaw sa iyo habang ang bawat bagay ay nangyayari sa iyo, at matuto kang lutasin ang mga problema gamit ang mga salita ng Diyos, habang binabasa mo ang mga salita ng Diyos, at nakikinig ka sa mga pagbabahaginan at sa mga patotoo ng mga kapatid batay sa karanasan. Ito ay na kailangan mong magawang lumapit sa Kanya nang madalas, sinasabi sa Kanya ang iyong mga sitwasyon at kalagayan, pati na rin ang mga problemang kinakaharap mo, ipinagtatapat ang mga ito sa Kanya, at taos-pusong tinatanggap ang Kanyang pagpupungos, ang Kanyang pagdidisiplina at pagtutuwid, at maging ang Kanyang pagbubunyag sa iyo at ang saloobin Niya sa iyo—kailangang manatiling bukas ang iyong puso sa Kanya, hindi sarado. Basta’t nananatiling bukas ang iyong puso, maaaring maging kapaki-pakinabang ang iyong konsensiya at katwiran, at makakapasok ang katotohanan sa iyo at magdudulot ng pagbabago sa iyo. Maaaring malutas kung gayon ang lahat ng problemang ito. Hindi imposibleng malutas ang mga ito; wala sa mga ito ang malaking problema. Karaniwan para sa mga tao na maging pabaya sa paggawa ng kanilang tungkulin. Ito ang pinakakaraniwang kondisyon na matatagpuan sa lahat ng tiwaling sangkatauhan. Ang isang kondisyon ay ang pagiging puno ng kasinungalingan, ang isa pa ay ang pagiging pabaya, pagiging pabasta-basta, at pagiging iresponsable sa lahat ng bagay, pagiging nasa kalagayan na iniraraos lang ang mga bagay-bagay, nasa kondisyon ng paggawa nang wala sa loob—karaniwan ito sa lahat ng tiwaling sangkatauhan. Mas hindi gaanong malubha ang mga ito kaysa sa paglaban ng tao sa Diyos at pagtanggì sa katotohanan.

Ni hindi nga ito ang tinitingnan ng Diyos sa tao. Kung susukatin ng Diyos ang mga kaliit-liitang detalye sa mga tao, at kung may nasabi silang isang maling bagay, aayawan Niya sila; kung minsan silang nakagawa ng maliit na pagkakamali, aayawan Niya sila; kung ang mga tao ay padalos-dalos noong kabataan nila at gumawa sila ng mga bagay nang walang pasensiya, aayawan Niya sila, at sila kung gayon ang mga taong Kanyang aabandonahin at ititiwalag. Kung ganoon ang mga bagay-bagay, walang ni isang tao ang maliligtas. Sasabihin ng ilan, “Hindi ba’t sinabi Mong kinokondena ng Diyos ang mga tao at pinagpapasyahan Niya ang kanilang mga kalalabasan batay sa kanilang pag-uugali?” Iba pang usapin iyan. Sa landas ng paghahangad sa katotohanan ng mga tao para makamit ang pagbabago sa disposisyon at kaligtasan, ang gayong mga kalagayan ng pag-iral sa tao, gaya ng nakikita ng Diyos sa kanila, ang mga pinakakaraniwang bagay sa lahat, kasing-ordinaryo at kasing-karaniwan ng maaari. Ni hindi tinitingnan ng Diyos ang mga ito. Ano ang tinitingnan Niya? Tinitingnan Niya kung may positibo kang paghahangad, at kung ano ang iyong saloobin sa katotohanan at mga positibong bagay, at sa paghahangad sa disposisyonal na pagbabago. Tinitingnan Niya kung mayroon ka ng gayong pagnanais, kung nagsusumikap ka. Kapag nakikita ng Diyos na mayroon ka ng mga ito, na inuusig ka ng iyong konsensiya kapag nagkakamali ka, na alam mong kamuhian ito, na alam mong lumapit sa Diyos sa panalangin, at na mangumpisal sa Kanya at magsisi, kung gayon ay sasabihin Niya na mayroon kang pag-asa, na hindi ka ititiwalag. Iniisip mo ba na ang matuwid na disposisyon ng Diyos, ang Kanyang awa at pagmamahal, ay pawang mga hungkag na parirala lamang? Dahil mismo na mayroon Siya ng gayong diwa, ang Diyos ay may saloobin sa bawat uri ng tao, at sobrang praktikal ng mga saloobing ito—hindi talaga hungkag ang mga ito.

Ang talakayang ito tungkol sa diwa ng mga anticristo na matagal na nating pinag-uusapan ngayon ay dapat na marinig ng lahat, sa isang bahagi, ito ay para maunawaan at makilatis nila ang mga anticristo, at matukoy kung sino ang mga ito, at tanggiin ang mga ito; ito rin ay para ipaalam sa lahat na ang bawat isa ay may disposisyon ng isang anticristo, tulad lamang ng mga anticristo, pero tanging ang tunay na mga anticristo ang dapat na itiwag at abandonahin, samantalang ang mga ordinaryong tao na may disposisyon ng isang anticristo ang mga ililigtas ng Diyos, hindi ang mga ititiwalag Niya. Hindi tungkol sa pagkondena sa mga tao ang pakikipagbahaginan sa mga tao tungkol sa diwa ng mga anticristo at bawat aspekto ng disposisyon ng mga ito—tungkol ito sa pagliligtas sa mga tao, pagbibigay sa kanila ng landas, pagpapakita sa kanila nang malinaw kung anong mga tiwaling disposisyon ang talagang mayroon sila, kung ano ang talagang tinutukoy ng Diyos kapag sinasabi Niyang kaaway Niya ang sangkatauhan, at kung bakit Niya ito sinasabi—kung ano mismong mga uri ng tiwaling disposisyon sa tao, at kung anong mga pagbubunyag ng paglaban at pagiging mapaghimagsik ng tao laban sa Diyos, ang nagdudulot sa Kanyang sabihin ito, para gawin ang mga pagkondenang ito. Dahil mismo sa pagnanais ng Diyos na iligtas ang tao, dahil hindi Niya inaabandona ang sangkatauhan, o ang Kanyang mga tagasunod, o ang mga hinirang Niya, kaya’t

walang kapaguran Siyang nagsasalita at gumagawa sa gayong paraan. Ang pagsasalita at pagkilos ng Diyos sa ganitong paraan ay hindi lamang tungkol sa pagpapaunawa sa mga tao kung gaano Siya kaibig-ibig, kung gaano Siya kataimtim at katiyaga sa mga tao, kung gaano na Siya nagsikap. Ano ang silbi ng pag-unawa sa mga bagay na ito? Kapag naunawaan ng mga tao ang mga bagay na ito, mayroon lamang silang kaunting pasasalamat para sa Diyos—pero hindi man lang nalulutas ang kanilang tiwaling disposisyon. Nagsasalita ang Diyos nang may gayong kataimtim na pagtitiyaga para ipakita sa mga tao na nagsikap at nagpasya ang Diyos na iligtas ang mga tao—hindi Siya nagbibiro; gustong iligtas ng Diyos ang sangkatauhan, at determinado Siyang gawin ito. Paano ito dapat tingnan? Walang aspekto ng katotohanan kung saan ang Diyos ay nagsasalita mula sa isang panig o isang anggulo lamang, hindi rin Siya nagsasalita sa isang paraan lamang—sa halip, sinasabi Niya ito sa mga tao mula sa iba’t ibang anggulo, sa iba’t ibang estilo, gamit ang iba’t ibang wika at sa iba’t ibang antas, para makilala ng mga tao ang kanilang tiwaling disposisyon at ang kanilang sarili, at mula rito ay maunawaan nila ang dapat na maging direksyon ng kanilang paghahangad, at kung anong uri ng landas ang dapat nilang tahakin. Ginagawa Niya ito para talikuran at baguhin ng mga tao ang kanilang sataniko at tiwaling disposisyon, at bitiwang ang mga pilosopiya para sa mga makamundong pakikitungo, mga paraan para manatiling buhay, at mga paraan at estilo ng pamumuhay na ginagamit ni Satanas para gawing tiwali ang mga tao, at sa halip, para mamuhay ang mga tao ayon sa mga paraan, estilo, direksyon, at mithiin na ipinakita at sinabi ng Diyos sa mga tao. Hindi ginagawa ng Diyos ang lahat ng ito para makumbinsi ang mga tao sa mga ito, para ipakita sa kanila ang Kanyang masisidhing layunin, o kung gaano kahirap gawin ang lahat ng ginagawa Niya. Hindi mo na kailangang malaman iyon. Ituon mo lamang ang pansin mo sa paghahanap sa kung ano ang dapat mong isagawa sa mga salitang sinasabi ng Diyos, at sa pag-unawa sa katotohanan at mga layunin ng Diyos sa mga ito; pumasok sa katotohanang realidad; mamuhay ayon sa mga katotohanang prinsipyo, at umasal at kumilos ayon sa mga katotohanang prinsipyo, at tapusin ang atas na ibinigay ng Diyos, para makamit mo ang kaligtasan. Sa gayong paraan, malulugod ang Diyos, at ganap na maisasakatuparan ang usapin ng kaligtasan ng tao, kaya makikinabang ang tao. At sa mga panahon na marami pa ring doktrina sa mga sinasabi ng mga tao, kapag masyado silang mababaw sa kanilang mga kilos, kapag palagi silang pabaya, kapag nangingibabaw ang kanilang pagkasalaula—lalo na sa mga kabataan, na hindi sanay sumunod sa mga patakaran, na minsan ay nasisiyahan sa pagtulog nang matagal, na may ilang gawi na hindi gaanong makatwiran o hindi nakapagpapatibay sa iba—huwag ipilit ang mga bagay na ito. Dahan-dahanin mo ang mga ito. Hangga’t handa kang hangarin ang katotohanan, at kaya mong magsumikap sa mga salita ng Diyos, at kaya mong madalas na lumapit sa Diyos, nang bukas ang iyong puso sa Kanya, gagawa Siya. Walang sinuman ang makakapagpabago sa iba gamit ang lakas o pamamaraan ng tao, kabilang na ang iyong mga magulang, na hindi ka kayang baguhin.

Ang pagpunta mo ngayon sa sambahayan ng Diyos ay gawa ng Diyos, at na nakakapakinig ka ngayon sa mga sermon dito, nang ligtas at matatag, kahit sa kapanahunang ito, sa gitna ng masasamang kalakaran, at na nagagawa mo ang iyong tungkulin nang walang kinikita maski sentimo—gawa ito ng Diyos. Bakit ito ginagawa ng Diyos? Ano ang gusto ng Diyos sa iyo? Dahil iyon sa may kaunti kang pagpapahalaga sa katarungan, at may konsensiya ka; na tutol ka sa masasamang kalakaran, at gusto mo ang mga positibong bagay; at nasasabik ka sa pagdating ng kaharian ng Diyos, sa paghahari ni Cristo at ng katotohanan. May ganito kang mga pagnanais, at ang mga ito ang gusto ng Diyos sa iyo, kaya ka Niya dinala sa Kanyang sambahayan. Akala mo ba ay hindi nakikita ng Diyos ang iyong masasamang pagkukulang at gawi? Nakikita ng Diyos ang iyong mga pagkukulang—alam Niya ang lahat ng ito. Kung alam Niya, bakit hindi Niya inaasikaso ang mga ito? Madalas na nagdudulot ng pagkalito sa puso ng mga tao ang gayong mga bagay. Sinasabi nila: “Ililigtas ba ng Diyos ang isang tulad ko? Makakamit ba ng isang tulad ko ang kaligtasan? Napakabuktot at napakatiwali ko, ayaw na ayaw kong magpasakop sa pagdidisiplina, napakamapaghimagsik ko—at nilalabanan at pinagdududahan ko ang Diyos. Paano pa ako hihirangin ng Diyos?” Ano ang bumabagabag sa iyo? Ang Diyos lamang ang makapagliligtas sa iyo; dapat mong paniwalaan na kaya Niya itong gawin. Sapat nang ituon mo ang iyong pansin sa pakikinig sa mga salita ng Diyos, sa pagtanggap at pagsasagawa sa mga ito. Huwag kang mapako sa ibang mga bagay—huwag kang palaging maging negatibo dahil sa mga ito. Walang sinuman ang gumagamit sa mga kamalian mo laban sa iyo; walang may hawak ng alas laban sa iyo. Hindi tinitingnan ng Diyos ang mga bagay na iyon. Kung ikaw ay nagulo mula sa iyong paghahangad sa tamang landas at sa katotohanan dahil sa masasamang gawi, mga depekto, o kawalanghiyaan na dulot ng gayong mga walang-kabuluhang maliliit na bagay sa pang-araw-araw na buhay, hindi ba’t isang kawalan iyon? Hindi ba’t hindi iyon sulit? (Hindi nga.) Malamang na marami-raming tao ang napako na sa kasalukuyang gayong kalagayan. Sinasabi ng ilang tao na nasa personalidad nila ang pagiging masyadong padalos-dalos, na masyado silang magaspang sa anumang ginagawa nila, at na hindi sila mahilig mag-aral. Sinasabi nilang mayroon din silang masasamang gawi: Ayaw nilang gumising sa umaga o matulog sa gabi, at mahilig silang maglaro; mahilig silang makipagtsismisan paminsan-minsan, at paminsan-minsan ay mahilig silang magbiro. Tinatanong nila: Ililigtas ba ako ng Diyos? Hindi ba problema na mayroon kang napakaraming kuru-kuro at imahinasyon tungkol sa iyong sarili? Bakit hindi ka maghanap nang kaunti? Ano ba talaga ang pananaw ng Diyos, at ano ba talaga ang sinasabi ng Kanyang mga salita? Binabanggit ba ang mga bagay na ito bilang mga problema sa Kanyang mga salita? Sinasabi ng ilang tao na mahilig silang magdamit nang maganda at palagi nilang kailangang pigilan ang sarili nila. Sinasabi ng iba na mahilig silang kumain ng karne, takam na takam sila rito. Maliliit na problema ito. Ang mga kapintasang ito, ang mga personalidad na ito, o ang mga gawi sa buhay na ito, sa pinakamatindi, ay mga kapintasan sa pagkatao ng isang tao; hindi

maituturing ang mga ito bilang isang tiwaling disposisyon. Ang talagang kailangang lutasin ng mga tao ay ang kanilang tiwaling disposisyon. Huwag kalimutan ang tunay na mahalaga. Kapag nalaman mo na mayroon kang tiwaling disposisyon, at nagsimula kang tumuon sa pagninilay-nilay at pagkilatis dito, at pinagsumikapan mo ito, at nagsimula kang kamuhian ito, dahan-dahang magbabago ang maliliit mong kapintasan—hindi na magiging problema ang mga ito. Mahilig magsaya ang ilang kabataan. Kapag natapos na nila ang kanilang tamang trabaho, ayos lang na magsaya sandali. Mahilig magpaganda ang ilang kabataang babae, magdamit nang maganda at maglagay ng kolorete sa mukha. Ayos lang din iyon, basta't hindi ito sobra, at hindi sila nagsusuot ng kakaibang damit o naglalagay ng makapal na kolorete. Ayos lang ang lahat ng ito; walang pumipigil sa kanila. Hindi problema ang mga bagay na ito. Ang mga gawing ito sa buhay, mga pangangailangan para sa kalidad ng iyong buhay, at maliliit na problema sa personalidad—wala sa mga ito ang magdudulot na labanan mo ang Diyos, ni salungatin mo ang katotohanan. Ang iyong tiwaling disposisyon ang talagang nagdudulot na labanan mo ang Diyos, ang pumipigil sa iyo na makalapit sa Kanya at nagdudulot na maghimagsik ka laban sa Kanya. Kapag kaya mo nang matuklasan, malaman, at kamuhian ang iyong tiwaling disposisyon, at nagkamit ka ng personal na pagnanais na magsagawa ayon sa mga katotohanang prinsipyo, maaaring malutas ang lahat ng maliliit na kapintasang ito. At kapag nalutas na ang iyong tiwaling disposisyon—kapag nalutas ang pinakamalaking problema, ang iyong paglaban sa Diyos—maituturing pa rin bang mga problema ang maliliit mong kapintasan? Kapag dumating na ang oras na iyon, ang maliliit na bagay tulad ng kung paano ka umaasal, at kung paano ka namumuhay, kung ano ang iyong kinakain, kung ano ang iyong iniinom, kung paano ka nagpapahinga, kung paano mo ginagawa ang iyong tungkulin, at kung paano ka nakikisalamuha sa iba ay magiging may prinsipyo, nang unti-unti. Kapag narating mo na iyon ay saka mo lang malalaman na ang paglutas sa tiwaling disposisyon ng isang tao ang nananatiling malaking bagay sa buhay ng isang tao, noon at ngayon, na kapag nalutas na ang tiwaling disposisyon ng isang tao, malulutas din ang lahat ng iba pang problema. Kapag nalutas mo na ang problema ng paghihimagsik laban sa Diyos, saka ka mamumuhay nang may wangis ng isang tao, nang may dignidad. Maaaring may ilang maliit na kapintasan ngayon na hindi mo na ipinapakita. Maaaring purihin ka ng mga tao, na sinasabing ikaw ay isang mabuting kabataan, na taos-puso ka sa iyong pananampalataya sa Diyos, na mukha kang isang mananampalataya sa Diyos. Pero kung sinasabi ng Diyos na maaari ka pa ring maghimagsik laban sa Kanya, walang silbi ang iyong panlabas na mabuting ugali, gaano man ito kabuti. Hindi pa nalulutas ang pangunahing problema—hindi pa nalulutas ang iyong tiwaling disposisyon, at maaari ka pa ring maghimagsik laban sa Diyos. Malayo ka pa rin sa kaligtasan! Anong silbi ng pagkakaroon lamang ng mabubuting ugali? Hindi ba't nilalansi mo lang ang iyong sarili sa mga ito?

Anong problema ang napakahalaga na malutas ninyo ngayon? (Ang problema sa tiwaling disposisyon.) Maaaring sabihin ng ilan: “Mahilig akong magsuot ng makukulay

na damit, pero hindi gusto ng sambahayan ng Diyos ang mga ito, kaya maghihimagsik ako laban sa pag-uugaling ito.” Hindi mo na kailangan gawin iyon—isuot mo ang mga ito kung gusto mo. Sinasabi ng ilan: “Mahilig akong maglagay ng pulbos at kolorete, at magmukhang maganda kapag nakikita ko ang mga tao araw-araw—ang ganda nito!” Basta may oras ka, ayos lang iyon. May nagsasabi: “Mahilig akong kumain ng sosyal na pagkain—mahilig ako sa maanghang, at maasim na pagkain din.” Basta’t mayroon kang kakayahan, pagkakataon, at libreng oras, puwede mong kainin iyon hangga’t gusto mo. Kahit na hindi mo matugunan ang mga bagay na ito, at kahit pigilan mo ang mga ito, at maghimagsik ka laban sa mga ito, hindi malulutas ang iyong tiwaling disposisyon. Ano ang maaaring mangyari kung pipigilan mo ang mga ito? Magdurusa ka nang husto sa laman, pero mararamdaman mo sa puso mo na talagang naagrabyado ka—at ano ang magiging negatibong kahihinatnan nito sa iyo bilang kapalit? Mararamdaman mo na nagdusa ka nang husto para sa Diyos, na nakamit mo ang katotohanan, pero ang totoo, wala ka naman talagang natamo o hindi ka naging anuman. Maaaring magdamit ka nang elegante at nang may dignidad at nang maayos—maaaring magmukha kang isang kapatid, at maging maayos ang ugali mo—pero kung hindi mo man lang mahanap ang mga katotohanang prinsipyo kapag pinagawa sa iyo ang isang tungkulin, at kung maaari kang makagulo at makagambala sa gawain ng iglesia, nalutas na ba ang iyong pangunahing problema? (Hindi.) Samakatwid, paano mo man ito tingnan, ang pag-unawa sa mga salita ng Diyos, sa katotohanan, at ang pagpasok sa katotohanang realidad, at paglutas sa iyong tiwaling disposisyon ang pinakapangunahin. Huwag sayangin ang iyong mga pagsisikap sa ilang maliit na problema at panlabas na pag-uugali, nang nagpapakalugmok sa mga ito at hindi bumibitiw, palaging nakakaramdam ng kasalanan at pagkakautang sa puso, palaging nilulutas ang mga iyon na para bang malalaking usapin ang mga iyon. Ang nagiging bunga niyon ay hindi kailanman nalulutas ang iyong tiwaling disposisyon. Kung kahit ikaw ay hindi alam kung anong uri ka ng tao, o kung anong uri ng tiwaling disposisyon ang mayroon ka—kung wala kang kahit kaunting pag-unawa roon, hindi ba’t magugulo ang mga bagay-bagay? Kapag nalaman mo ang iyong tiwaling diwa, hindi na magiging problema ang maliliit mong suliranin na iyon. Natural na, habang nauunawaan mo ang katotohanan at pumapasok ka sa katotohanang realidad, at lumalago na nagiging kaya mong kumilos ayon sa mga katotohanang prinsipyo, unti-unti mong maaalis ang maliliit na problemang iyon. Katulad ito ng mga taong padalos-dalos o ng mga mabagal kumilos, o ng mga madaldal o tahimik—hindi problema ang mga ito. Mga isyu ito sa personalidad. May mga taong malinaw magsalita, samantalang may iba naman na hindi; may mga taong malakas ang loob at nangangahas na magsalita sa harap ng maraming tao, habang ang iba naman ay hindi masyadong malakas ang loob at hindi nangangahas na magsalita kapag maraming tao sa paligid; may mga taong extrovert, samantalang may iba naman na introvert. Walang problema sa mga ito. Ano ang problema? Ang disposisyon ng mga anticristo na lumalaban sa Diyos—iyon ang problema. Ito ang pinakamalaking problema, ang pinagmumulan ng lahat ng katiwalian

ng tao. Kung malulutas mo ang problema ng tiwaling disposisyon, hindi na problema ang anumang ibang problema.

May mga tanong pa ba? (O Diyos, may tanong ako: Sa aking paghahangad sa katotohanan, may normal na espirituwal na buhay ako, pero hindi gaanong masidhi ang aking puso ng pagmamahal at paghahangad sa katotohanan. Kapag nararamdaman kong mali ang aking kalagayan, masigasig akong naghahangad sa loob ng ilang araw, pero kapag dumaan na ang ilang araw na iyon, nagiging maluwag uli ako. Paulit-ulit na nangyayari ang ganitong kalagayan, at alam ko na isa itong disposisyon na tutol sa katotohanan, pero hindi ko pa rin malutas ang ugat nito.) Walang magagawa riyan—ganyan talaga ang buhay pagpasok ng tao. Sa palaging pagnanais na malutas ang problemang ito, nagkakamali ka. Halimbawa: May ilang babae na sa paghahangad na makahanap ng asawa, ay may pamantayan na hindi naman importante kung pangkaraniwan lang ang hitsura nito, pero romantiko ito dapat. Dapat nitong maalala kung kailan at saan sila unang nagkita, kung kailan ang kanyang kaarawan, at ang kanilang anibersaryo, at iba pa. Dapat nitong maalala ang bawat mahalagang araw, at dapat din nitong maalalang sabihin paminsan-minsan, “Darling, mahal kita!” at bilhan siya ng regalo paminsan-minsan. Susubukin niya ang kanyang asawa: “Anong araw tayo unang nag-date? Kailan ang Araw ng mga Puso?” Palagi silang naghahanap ng romansa at ng gayong kasiyahan, at kung nagiging malamlam ang kanilang buhay, dumaraing sila, nagrereklamo sa kanilang asawa: “Tingnan mo ang sarili mo, wala kang alam sa romansa. Nakakabagot ang mga araw ko kasama ka! Nasira ang buhay ko dahil sa iyo!” Hindi ba’t maraming babae ang may ganitong kapintasan? At kapag sinasabi mo na romantiko ang asawa ng iba, na marunong itong mag-alo ng isang babae, na tinatrato nito ang asawa nito na parang isang prinsesa, sobrang naiinggit ang mga babaeng ito, humihiling na maagaw sana nila ang asawang iyon. Sadyang hindi sila handa na mamuhay ng isang simple at karaniwang buhay. May ganitong kapintasan ka bang ipinakita? (Oo.) Habang gumagawa ang Diyos at nagliligtas ng mga tao, walang masyadong nakakakilig at nakakasabik na bahagi, at hindi Siya lilikha ng mga sorpresa para sa iyo. Karaniwan at ordinaryo ito—iyon ang ibig sabihin ng maging praktikal. Hindi nangangailangan ng damdamin ang paghahangad sa katotohanan. Hangga’t nasa iyong puso ang paghahangad; at hangga’t sinusuri mo paminsan-minsan kung lumilihis ba ang landas na tinatahak mo, at kung mayroon bang mga pagkakamali o kawalan na naidulot ng kamalian ng tao sa tungkulin na iyong ginagampanan, at nagbabahagi ka tungkol sa kung sa panahon bang ito ay nakapagtamo ang mga kapatid ng bagong kabatiran o kaalaman tungkol sa pagganap sa tungkulin na kulang sa iyo, kung may mga pagkabaluktot ba sa iyong pag-arok sa mga salita ng Diyos habang binabasa mo ang mga ito, kung may mga bagay ba sa mga ito na hindi mo naabot, o hindi mo pa naranasan, o binalewala, at iba pa—hangga’t normal at tama ang lahat ng landas, layon, at direksyon, sasapat na iyon. Basta’t tama ang iyong pangkalahatang direksyon, sapat na iyon. Huwag kang maghanap ng kapapanabikan, at huwag kang maghanap ng mga

sorpresa. Walang magsosorpresa sa iyo. Ang pananampalataya sa Diyos at ang paghahangad sa katotohanan ay katulad ng kung paano namumuhay ang mga normal na tao. Kadalasan ay hindi kapana-panabik, dahil namumuhay ka sa mundong ito, kung saan walang supernatural na mga bagay, at walang bagay na hiwalay sa tunay na buhay. Ganoon ito hindi kapana-panabik. Pero may pagkakaiba sa pagitan ng ganitong uri ng hindi kapana-panabik na buhay at ng buhay ng mga hindi nananampalataya: Habang nananampalataya ka sa Diyos at ginagawa ang iyong tungkulin, patuloy mong natututunan ang iyong tiwaling disposisyon, patuloy mong itinatama at binabago ang iyong ugnayan sa Diyos, at patuloy mong natututunan ang mga katotohanang hindi mo nauunawaan, nakikilala at natatanggap mo ang mga katotohanang hindi mo alam o nauunawaan. Iyon ang pagkakaiba. Talagang malaking pagkakaiba na iyon—kaya, ano pa ba ang mahihiling ninyo? Hindi ba't may sapat nang mga bagay na nangyayari sa sambahayan ng Diyos, sa iglesia, at sa paligid mo? Sapat na para pagnilayan ng mga tao ang mga bagay na nangyari mula sa simula ng gawain ng Diyos hanggang ngayon. Mabilis na lumilipas ang mga araw: Sa isang iglap, sampu, dalawampung taon ang lumilipas, pagkatapos, sa isa pang iglap, tatlumpu, limampung taon na ang lumilipas. Sapat na iyon para sa buhay ng isang tao. Ano pa bang kapapanabikan ang hahanapin mo? Sapat nang kapana-panabik ang mga bagay na ito. Ang lahat ng bagay na nagaganap sa paligid mo ay dapat magbigay-daan sa iyo para makadiskubre ka ng mga bagay na natatangi, para matuklasan mo ang katotohanan, at dapat maging kasorpre-sorpresa sa iyo. Hindi naman iyon nakakabagot, hindi ba? (Hindi.) Hindi paghahangad sa kapapanabikan ang paghahangad sa katotohanan. Ganoon ang buhay ng mga tao, na namumuhay sa kanilang normal na pagkatao, sa materyal na mundong ito. Huwag kang maghanap ng kapapanabikan—ang paghahanap ng kapapanabikan at sensasyon ang ginagawa ng mga taong may hawak na napakaraming oras. Sa paggawa ng kanilang mga tungkulin at paghahangad sa katotohanan, may mga bagong aral na matututunan ang mga tao araw-araw. Sasabihin ng ilan, “Bakit hindi ako natututo kung gayon?” Maaaring mabagal ang iyong pag-usad; kung mayroon kang natututunan kada buwan, sapat na iyon. Hangga't umuusad ka at naghahangad ng katotohanan, mayroon kang maipapakitang resulta. Nalutas ba ng pagbabahaging ito ang isyu? (Oo.) Paano? Aling mga salita ang naglutas nito? (Nalutas ito dahil alam ko nang hindi praktikal ang aking mga perspektiba sa likod ng paghahangad sa aking pananampalataya sa Diyos—ang akin ay hindi pragmatikong paraan ng paghahangad. Palagi akong naghahangad ng estimulasyon, palagi kong hinahangad na madama ang mga bagay, at tinatrato ko ang Diyos nang gamit lamang ang mga kuru-kuro at imahinasyon, nagpapanatili ng isang ugnayan sa Kanya nang may magalang na distansya, pero binabalewala ko na may kahinaan ang mga tao sa kanilang buhay pagpasok, at na lalago sila habang ginagawa nila ito, at na haharap sila sa lahat ng uri ng sitwasyon. Normal iyon.) Nauunawaan mo ito nang tama. Kapag walang mga nangyayari, dapat gawin ng mga tao ang kanilang mga tungkulin nang nararapat, at magpatuloy sa kanilang paghahangad nang nararapat.

Huwag kang maghanap ng kapapanabikan, o huwag bumatay sa mga damdamin; huwag maging sobrang sensitibo at sabihing, “Bakit masama ang lagay ng loob ko ngayon? Naku, malayo ang aking ugnayan sa Diyos—dapat akong magmadali at magdasal!” Hindi kailangan ang gayong sobrang pagkasensitibo. Hindi ito alintana ng Diyos; hindi Niya pinapansin ang maliliit mong isyu! Maaaring sabihin mo, “Ilang araw na akong hindi nagdarasal, pero madalas kong hanapin ang Diyos sa aking puso kapag kumikilos ako, at pinananatili ko ang isang may-takot-sa-Diyos na puso.” Walang problema roon. Sasabihin ng ilan, “Naku, naging sobrang abala ako sa aking tungkulin kaya hindi ako nakapagbasa ng mga salita ng Diyos sa loob ng ilang araw.” Hindi ka dumaan sa prosesong iyon—pinabayaan mo ito—pero nang ginagawa mo ang iyong tungkulin, natuklasan mo ang maraming problema, at nagbunyag ka ng kung anong tiwaling disposisyon, at nakinig ka sa pagbabahagi ng iba sa panahong iyon, na lubos na nakapagpatibay sa iyo. Hindi ba’t isa iyong tunay na pakinabang? Hindi ba’t nagbabasa ka ng mga salita ng Diyos para maunawaan ang katotohanan at makamit ito? Ano ang silbi ng piliting gawin ito sa isang partikular na paraan o gawi? Sige. Tatapusin na natin dito ang pagbabahaginan ngayong araw. Paalam! (O Diyos, salamat at paalam!)

Mayo 30, 2020

Ikasampung Aytem: Hinahamak Nila ang Katotohanan, Lantarang Nilalabag ang mga Prinsipyo, at Binabalewala ang mga Pagsasaayos ng Sambahayan ng Diyos (Ikalawang Bahagi)

Ngayon, ipagpapatuloy natin ang pagbabahaginan tungkol sa ikasampung aytem ng iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo: Hinahamak nila ang katotohanan, lantarang nilalabag ang mga prinsipyo, at binabalewala ang mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos. Noong nakaraan, nagsagawa tayo ng partikular na pagbabahaginan tungkol sa paghamak sa katotohanan, kaya balikan muna natin. Ano ang paliwanag ninyo noong nakaraan tungkol sa “paghamak”? (Ipinaliwanag namin ito bilang hindi pagpapahalaga sa katotohanan, bilang paghahamak, pang-aalipusta, at pangmamaliit sa katotohanan, at bilang pagpapakita ng pagkasuklam sa katotohanan.) Naipaliwanag na ba ninyo nang malinaw ang diwa ng salitang ito gamit ang mga praktikal na termino? (Ang laman lang ng aming paliwanag ay ang mga kasingkahulugan ng paghamak; ito ay mababaw at hindi nito nilinaw ang mga detalye ng paghamak sa katotohanan, ni ang aming saloobin at mga pagpapamalas sa aming pagtrato sa katotohanan. Hindi namin naipaliwanag ang diwa nito.) Ano ang kalikasan ng gayong paliwanag? Saang kategorya ito nabibilang? (Sa mga salita at doktrina.) Ano pa? Kasama ba ito sa kaalaman? (Oo.) Paano nakamit ang kaalamang ito? Nakamit ito mula sa mga paaralan, mula sa mga guro, at mula rin sa mga diksyonaryo at aklat. Kaya, ano ang pagkakaiba ng paliwanag Ko sa paliwanag ninyo? (Ang pagbabahagi ng Diyos ay tungkol sa saloobin ng bawat tao sa katotohanan—ibig sabihin, nilalabanan ito ng mga tao, nasusuklam sila rito, at kinapopootan ito, mula sa kaibuturan ng puso nila, at hindi ito tinatanggap, at kinokondena pa nga rin ito, at mapanlabang hinuhusgahan at sinisiraan ito. Ang paliwanag ng Diyos ay nagmumula sa diwa ng saloobin ng mga tao sa katotohanan.) Ipinaliwanag Ko ang diwa ng salitang “paghamak” mula sa perspektiba ng iba't ibang esensiyal na pag-uugali, pagsasagawa, saloobin, at pananaw. Aling paliwanag ang talagang ang katotohanan? (Ang paliwanag ng Diyos ay ang katotohanan.) Kung gayon saan nagkulang ang inyong paliwanag? (Hindi namin nauunawaan ang katotohanan. Tinitingnan lang namin sa labas ang mga bagay at binibigyang-kahulugan ang mga ito nang literal, umaasa sa kaalaman at mga doktrina upang tingnan ang mga isyu.) Binibigyang-kahulugan ninyo ang salitang ito batay sa kaalamang naarok ninyo at ayon sa inyong pagkaunawa sa literal na kahulugan, ngunit hindi ninyo talaga alam kung paanong konektado ang salitang ito sa kalikasang diwa at tiwaling disposisyon ng isang tao. Ito ang pagkakaiba ng kaalaman at mga doktrina, at ng katotohanan. Karaniwan rin ba ninyong ginagamit ang pamamaraan at perspektibang ito kapag binabasa ninyo ang mga salita ng Diyos at kapag nagbabahagi kayo tungkol sa katotohanan? (Oo.) Kaya, hindi nakapagtataka na karamihan sa mga tao, paano man

nila basahin ang mga salita ng Diyos, ay hindi maunawaan kung ano talaga ang katotohanan sa mga ito. Kaya, maraming tao ang nananampalataya sa Diyos sa loob ng maraming taon nang hindi nakakaunawa o nakakapasok sa katotohanang realidad. Ito ang dahilan kung bakit palaging sinasabi na, “Hindi nauunawaan ng mga tao ang katotohanan at wala silang kakayahang maarok ito.”

Ipagpapatuloy natin ang pagbabahaginan tungkol sa ikasampung aytem ng mga pagpapamalas ng mga anticristo: Hinahamak nila ang katotohanan, lantarang nilalabag ang mga prinsipyo, at binabalewala ang mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos. Sa nakaraang pagtitipon, hinati natin sa tatlong aytem ang paghamak sa katotohanan. Ano ang tatlong iyon? (Una, hinahamak ang pagkakakilanlan at diwa ng Diyos; pangalawa, hinahamak ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos; pangatlo, hinahamak ang mga salita ng Diyos.) Himayin natin ang paksang “hinahamak ng mga anticristo ang katotohanan, lantarang nilalabag ang mga prinsipyo, at binabalewala ang mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos” batay sa tatlong aytem na ito. Noong nakaraan, halos natapos na natin ang unang aytem, ngunit hindi natin masyadong napagbahaginan nang detalyado ang pagiging banal at natatangi ng diwa ng Diyos, na para sana magkaroon kayo ng pagkakataong mag-isip-isip at makapagbahaginan nang mas partikular batay sa mga aspekto ng katuwiran at pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos na Aking binahagi. Ngayon, pagbabahaginan natin ang pangalawang aytem, na sumasaklaw sa kung paano tinatrato ng mga anticristo ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos, upang himayin ang tema ng kung paano hinahamak ng mga anticristo ang katotohanan, lantarang nilalabag ang mga prinsipyo, at binabalewala ang mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos.

II. Hinahamak ang Laman Kung Saan Nagkatawang-tao ang Diyos

Ang mga perspektiba at pananaw, at ang ugnayan ng mga anticristo, sa Diyos na nagkatawang-tao—ibig sabihin, kay Cristo—ay mayroon ding ilang partikular na pagpapamalas at esensiyal na pagbubunyag. Kung tatalakayin lang natin nang direkta ang ilang partikular na pagpapamalas ng mga tao o ang mga partikular na pagsasagawa ng ilang tao, maaaring medyo hindi malinaw sa inyo ang paglalahad nito. Sa halip, hatiin natin ito sa ilang aytem, upang maunawaan natin mula sa mga ito kung ano mismo ang saloobin ng mga anticristo sa laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos, at upang maberipika at mahimay kung paano hinahamak ng mga anticristo ang katotohanan. Ang unang bahagi ay paninipsip, pambobola, at mga salitang masarap pakinggan; ang pangalawa ay pagsisiyasat at pagsusuri, at pati kuryosidad; ang ikatlo ay depende sa kanilang lagay ng loob ang pagtrato nila kay Cristo; ang ikaapat ay pakikinig lang sa sinasabi ni Cristo, pero hindi sumusunod o nagpapasakop. Kung pagbabatayan ang bawat isa sa mga pahayag ng mga aytem na ito, pati na rin sa mga pananaw at pagpapamalas na maaaring maunawaan ninyo mula sa literal na kahulugan ng mga ito, positibo ba ang bawat isa sa mga ito? Mayroon bang anumang aytem na tila labis na

positibo? Ano ang tinutukoy ng “positibo”? Sa pinakamababa, ito ay tumutukoy sa pagkakaroon ng pagkatao at katwiran. Hindi ito kailangang itaas sa antas ng pagkakaroon ng pagpapasakop o ng saloobin at posisyon na dapat mayroon ang isang nilikha. Gamit lamang ang sukatan ng katwiran ng tao, alin sa mga ito ang naaayon sa pamantayan?

Una, tingnan natin ang unang aytem: paninipsip, pambobola, at mga salitang masarap pakinggan. Ang tatlong termino bang ito ay itinuturing na kapuri-puri o positibo sa wika ng tao? (Hindi.) Karaniwan, anong uri ng pananalita at pag-uugali ng mga tao ang nilalarawan ng mga salitang ito? (Mga mapanlinlang na tao, mga taksil, mga taong ubod ng sama, mga sipsip.) Mga taksil, mga taong ubod ng sama, at mga tumalikod; ang uri ng mga tao na nauugnay sa panlilinlang, kababaan, at kabuktutan. Ang mga kilos ng mga gayong tao, karamihan ay nakikita ng iba bilang kasuklam-suklam at mababa, hindi sinsero sa mga tao, at hindi mabuting-loob. Madalas silang sumisipsip, nambobola, at nagsasabi ng mga salitang masarap pakinggan, sumisipsip at binobola ang mga may impluwensiya o may matataas na katayuan. Ang ganitong uri ng tao ay hinahamak ng iba at karaniwang nakikita bilang isang negatibong katauhan.

Tingnan natin ang ikalawang aytem: pagsisiyasat at pagsusuri, at pati kuryosidad. Ang mga salita bang ito ay itinuturing na kapuri-puri o mapanghamak? (Mapanghamak.) Mapanghamak? Ipaliwanag ninyo sa Akin, bakit ninyo ito ikinakategorya bilang mapanghamak? Kung walang konteksto, ang mga salitang ito ay walang kinikilingan at hindi maaaring tawaging kapuri-puri o mapanghamak. Halimbawa, ang pagkakaroon ng pagsasaliksik sa isang siyentipikong proyekto, ang pagsusuri sa diwa ng isang problema, pagiging mausisa tungkol sa mga partikular na bagay—ang mga pagpapamalas na ito ay karaniwang hindi maaaring tawaging positibo o negatibo at medyo walang kinikilingan ang mga ito. Gayumpaman, may konteksto rito: Ang pakay ng pagsasaliksik, pagsusuri, at pagkamausisa ng mga tao ay hindi isang paksa na angkop para sa pananaliksik ng tao, kundi ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos. Kaya, malinaw na, sa idinagdag na kontekstong ito, batay sa mga bagay na ito na ginawa ng ganitong uri ng mga tao, pati na rin sa kanilang mga pagpapamalas at pag-uugali, ang mga salitang ito ay nagiging mapanirang-puri dito. Anong uri ng mga tao ang karaniwang nagsasaliksik at nagsusuri sa laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos? Ito ba ay ang mga naghahangad sa katotohanan, o ang mga hindi? Ito ba ay ang mga tunay na nananampalataya kay Cristo sa kanilang puso, o ang mga may mapagdudang saloobin kay Cristo? Kitang-kita naman, ito ay ang mga may mapagdudang saloobin. Wala silang tunay na pananalig kay Cristo, at bukod sa pagsasaliksik at pagsusuri, sila rin ay partikular na mausisa. Ano ba mismo ang gusto nilang malaman? Pagbabahaginan natin nang partikular ang mga detalye ng mga pagpapamalas at diwang ito maya-maya lamang.

Susunod, tingnan natin ang ikatlong aytem: Depende sa kanilang lagay ng loob ang pagtrato nila kay Cristo. Ang aytem na ito ay walang partikular na mga salita na susuriin para sa kahulugan na kapuri-puri o mapanirang-puri. Ano ang katunayang ibinubunyag

ng ganitong uri ng pagpapamalas at partikular na pagsasagawa ng mga gayong tao? Anong uri ng disposisyon mayroon ang isang taong gumagawa ng mga gayong bagay at nagpapakita ng mga gayong pagpapamalas? Una, sila ba ay walang pagkiling sa kanilang pagtrato sa iba? (Hindi.) Mula saang parirala mahihinuha ito? (“Depende sa kanilang lagay ng loob.”) Ang pariralang ito ay nangangahulugan na ang mga ganitong uri ng tao ay kumikilos at tinatrato ang ibang tao o usapin nang walang mga prinsipyo, nang walang moral na hangganan, at lalong walang anumang konsensiya o katwiran—sila ay lubusang ginagabayan ng kanilang lagay ng loob. Kung tinatrato ng isang tao ang isang ordinaryong tao batay sa kanyang lagay ng loob, maaaring hindi ito isang malaking isyu; hindi nito lalabagin ang mga atas administratibo o sasalungatin ang disposisyon ng Diyos, at nagpapakita lamang na ang taong ito ay sutil, hindi naghahangad sa katotohanan, kumikilos nang walang mga prinsipyo, at ginagawa ang anumang nais niya batay sa kanyang lagay ng loob at kagustuhan, na isinasaalang-alang lamang ang mga pagnanais at damdamin ng kanyang sariling laman at hindi ang damdamin ng iba, at walang paggalang sa iba. Ito ay isang paliwanag na batay sa kanilang pagtrato sa isang ordinaryong tao—ngunit sino ang tinatrato nila batay sa kanilang lagay ng loob? Hindi ito isang ordinaryong tao, kundi ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos—si Cristo. Kung tatratuhin mo si Cristo batay sa iyong lagay ng loob, ito ay isang malubhang problema, ang kalubhaan nito ay hindi na natin tatalakayin ngayon.

Ngayon, tingnan natin ang ikaapat na aytem: pakikinig lang sa sinasabi ni Cristo, pero hindi sumusunod o nagpapasakop. Walang mga partikular na termino rito upang ilarawan nang eksakto kung ano ito; ito ay isang uri ng pagpapamalas, isang nakasanayang kalagayan at partikular na saloobin sa kung paano tinatrato ng mga tao ang mga bagay, ngunit sangkot dito ang disposisyon ng isang tao. Ano ang disposisyon ng mga gayong tao? Nakikinig sila, ngunit hindi sumusunod ni nagpapasakop. Sa panlabas, nakakapakinig pa rin sila, ngunit ang ipinapakita ba nila sa panlabas ay kapareho ng iniisip nila o ng tunay nilang saloobin sa loob nila? (Hindi.) Sa panlabas, maaaring mukhang maayos ang asal nila at tila nakikinig sila, ngunit sa loob nila ay hindi ganito. Sa loob nila, mayroon silang lagay ng loob at saloobin ng hindi pagsunod, kasama ang lagay ng loob at saloobin ng paglaban. Iniisip nila: “Hindi kita sinusunod sa aking puso; paano ko maipapahalata sa iyo na hindi ako sumusunod? Pinapapasok at pinapalabas ko lang sa tainga ko ang mga salitang sinasabi mo, ngunit hindi ko isinasapuso o isinasakatuparan ang mga ito. Lalabanan at sasalungatin kita!” Ito ang ibig sabihin ng hindi pagsunod at hindi nagpapasakop. Kung ang mga gayong tao ay makikipag-ugnayan at makikisalamuha sa mga ordinaryong indibidwal, tinatrato ang sinasabi ng mga ordinaryong tao nang may ganitong kalagayan, pananaw, at saloobin, ito man ay isang pagpapamalas na halata o kapansin-pansin, ano ang disposisyon ng mga gayong tao? Sila ba ay itinuturing na mabubuting tao na may pagkatao at pagkamakatwiran? Ikinaklasipika ba sila bilang mga positibong tao? Malinaw na hindi. Batay lamang sa pariralang “pakikinig lang, pero hindi sumusunod o nagpapasakop,” ang mga taong ito ay mayabang. Gaano sila kayabang?

Sobra, hanggang sa punto ng pagkawala ng pagkamakatwiran, lubhang pagkabaliw, walang sinusunod at hindi binibigyan ng halaga ang sinuman. Ang kanilang saloobin kapag nakikipag-ugnayan sa iba ay: “Maaari kitang kausapin, maaari akong makisalamuha sa iyo, pero walang salita ng sinuman ang puwedeng pumasok sa puso ko, ni ang puwedeng maging prinsipyo at gabay sa aking mga kilos ang anumang salita ng sinuman.” Mayroon lamang silang sariling mga pag-iisip sa isipan nila, sinusunod lamang ang boses sa loob nila. Hindi nila pinakikinggan o tinatanggap ang anumang tama, o mga positibong pahayag at prinsipyo, sa halip ay nilalabanan nila ito sa kanilang puso. Mayroon bang mga gayong tao sa masa? Sa isang grupo, ang mga gayong tao ba ay itinuturing na may katwiran o wala sa katwiran? Ikinaklasipika ba sila bilang mga positibong tao o negatibo? (Mga negatibong tao.) Kaya, paano kadalasan tinitingnan at tinatrato ng karamihan sa isang grupo ang mga gayong tao? Anong uri ng mga pamamaraan ang ginagamit nila sa kanilang pakikitungo sa mga ito? Karamihan ba sa mga tao ay nais makipag-ugnayan at makisalamuha sa mga gayong indibidwal? (Hindi.) Sa iglesia, karamihan sa mga tao ay hindi makakasundo ang mga gayong indibidwal—ano ang dahilan? Bakit lahat ay ayaw at nakakaramdam ng pagkasuklam sa mga gayong tao? Dalawang pangungusap ang maaaring magpaliwanag sa isyung ito. Una, ang mga taong ito ay hindi nakikipagtulungan sa sinuman, nais nilang sila ang may huling salita, at hindi sila nakikinig sa kahit sino; napakahirap para sa kanila na sumunod sa salita ng iba, at imposibleng humingi sila ng opinyon at ideya ng iba, o makinig sa sinasabi ng iba. Pangalawa, hindi nila magawang makipagtulungan sa kahit sino. Hindi ba’t ang dalawang pangungusap na ito ang mga pinakapartikular na pagpapamalas ng gayong uri ng tao? Hindi ba’t ang mga iyon ang diwa ng gayong tao? (Oo.) Una, kung isasaalang-alang ang kanilang disposisyon, hindi sila nakikinig at nagpapasakop kaninuman. Gusto nilang sila ang may huling pasya, ayaw nilang makinig sa iba, at hindi sila nakikipagtulungan sa iba. Sa puso nila, walang puwang para sa iba, ni para sa katotohanan o sa mga prinsipyo ng iglesia—gayon ang disposisyon ng anticristo ng mga gayong uri ng tao. Bukod dito, hindi nila nagagawang makipagtulungan o makisama kaninuman, at kahit na pakiramdam nila sa puso nila na atubiling handa sila, hindi pa rin nila nagagawang makipagtulungan sa iba pagdating ng oras. Ano ang nangyayari dito? Hindi ba’t may isang partikular na kalagayan na nasasangkot? Hinahamak nila ang iba, hindi nakikinig sa iba, at gaano man naaayon sa mga prinsipyo ang mga salita ng iba, hindi nila tinatanggap ang mga ito. Pagdating sa pakikipagtulungan sa iba, maaari lamang itong gawin sa paraan nila. Ito ba ay matiwasay na pakikipagtulungan? Ito ay hindi pakikipagtulungan; pagkilos ito nang walang pakundangan, kung saan isang tao lamang ang nagdedesisyon. Ganito ang uri ng disposisyon ng mga gayong tao sa kanilang pakikipag-ugnayan sa iba, at tinatrato nila si Cristo sa parehong paraan. Sulit bang himayin ito? Ang isyu rito ay malubha at nararapat himayin! Sunod naman, pag-usapan natin ang mga partikular na pagpapamalas at pagsasagawa ng mga anticristo sa bawat aytem, at sa pamamagitan ng mga partikular na pagpapamalas at pagsasagawang ito ay mauunawaan ang diwa

ng mga anticristo—hinahamak nila ang katotohanan, lantarang nilalabag ang mga prinsipyo, at binabalewala ang mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos. Simulan natin ang paghihimay mula sa unang aytem.

A. Paninipsip, Pambobola, at mga Salitang Masarap Pakinggan

Paninipsip, pambobola, at mga salitang masarap pakinggan—sa panlabas, dapat malaman ng lahat kung ano ang ibig sabihin ng mga salitang ito, at ang mga indibidwal na nagpapakita ng mga ito ay pangkaraniwan. Ang paninipsip, pambobola, at pagsasabi ng mga salitang masarap pakinggan ay kadalasang mga paraan ng pagsasalitang ginagamit upang magkamit ng pabor, papuri, o isang uri ng pakinabang mula sa iba. Ito ang pinakakaraniwang paraan ng pagsasalita para sa mga taong nambobola at nambibilog ng ulo. Maaaring sabihin na lahat ng tiwaling tao, sa ilang antas, ay nagpapakita ng ganitong pagpapamalas, na isang paraan ng pagsasalita na kabilang sa satanikong pilosopiya. Kaya, nagpapakita ba ang mga tao ng parehong pagpapamalas at pagsasagawa sa harap ng nagkatawang-taong Diyos, siguro ay upang makakuha rin ng ilang pakinabang? Siyempre, hindi ito ganoon kasimple. Kapag ang mga tao ay sumisipsip at nambobola sa laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos, anong uri ng pananaw o pag-iisip tungkol kay Cristo sa kanilang puso ang nagiging sanhi ng gayong pag-uugali? Ang gayong pag-uugali ang karaniwang ipinapakita ng mga tao sa ibang tao. Kung ang mga tao ay umaasal din nang ganito sa nagkatawang-taong Diyos, ito ay di-tuwirang nagbubunyag ng isang problema: Itinuturing nila ang nagkatawang-taong Diyos, si Cristo, bilang isang ordinaryong tao lamang sa gitna ng tiwaling sangkatauhan. Mula sa panlabas na perspektiba, si Cristo ay may mga buto at laman at may anyo ng isang tao. Ito ay nagbibigay sa mga tao ng isang ilusyon, na nagiging sanhi upang paniwalaan nilang si Cristo ay tao lamang, na nagbibigay-daan sa kanila na pangahas na tratuhin si Cristo batay sa lohika at pag-iisip ng pakikitungo sa mga tao. Ayon sa lohika at pag-iisip ng pakikitungo sa mga tao, karaniwan sa pakikitungo sa isang taong may katayuan at bantog, ang pinakamahusay na estratehiya upang mag-iwan ng magandang impresyon, upang madaling makuha ang mga pakinabang o ang pagtaas ng ranggo sa hinaharap, ay ang gawing masarap pakinggan at marunong makiramdam na pagsasalita, na tinitiyak na ang nakikinig ay komportable at masaya. Dapat panatilihin ng isang tao ang banayad na ekspresyon ng mukha, at huwag magpakita ng mabangis o masamang mukha, at sa wika, ay dapat walang agresibo, malisyoso, o malupit na mga salita, o mga salitang maaaring makasakit sa pagpapahalaga sa sarili ng isang tao. Sa mga gayong pagpapamalas at salita lamang maaaring mag-iwan ng magandang impresyon sa presensiya ng gayong tao at hindi sila kasuklaman nito. Parang ang pagsasalita nang kaaya-aya, pambobola at pambibilog ng ulo, ay itinuturing na pinakatotoong uri ng pagrespeto sa iba. Sa parehong paraan, iniisip ng mga tao na upang magpakita ng pagrespeto kay Cristo, at upang mapanatili ang pagkakasundo, kailangan nilang magsikap nang husto upang ipakita ang gayong pag-uugali, na tinitiyak na ang

kanilang mga salita ay walang nakakasakit na wika o nilalaman, at lalong walang nakapagpapasama ng loob. Iniisip ng mga tao na ito ang pinakamahusay na paraan upang makipag-ugnayan at makipag-usap kay Cristo. Itinuturing nila ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos bilang isang napaka-ordinaryong tao na may normal, tiwaling disposisyon, iniisip na wala nang mas mabuting paraan upang pakitunguhan o tratuhin Siya kung hindi nila gagawin iyon. Samakatwid, kapag ang isang anticristo ay humarap kay Cristo, ang kinikimkim nila sa kanilang puso ay hindi takot, respeto, o tunay na sinseridad, kundi isang pagnanais na gumamit ng wika na kaaya-aya at marunong makiramdam, umaabot pa nga sa paggamit ng mga ilusyon upang hayagang suyuin at bolahin ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos. Naniniwala silang ang lahat ng tao ay madaling mahihikayat ng ganitong pamamaraan, at dahil ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos ay tao rin, Siya rin ay tutugon sa gayong pamamaraan at magugustuhan ito. Kaya, sa pakikitungo kay Cristo, sa laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos, sa kanilang puso, ang mga anticristo ay hindi tinatanggap ang katunayang si Cristo ay nagtataglay ng diwa ng Diyos. Sa halip, ginagamit nila ang ilang taktika ng tao, mga pilosopiya ng tao para sa mga makamundong pakikitungo, at ang mga karaniwang diskarte ng tao sa pakikitungo at pagmamanipula sa iba upang pakitunguhan ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos. Ang diwa ba ng mga pag-uugaling ito ay nagpapakita ng katunayang hinahamak ng mga anticristo ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos? (Oo.)

Itinuturing ng mga anticristo si Cristo sa parehong paraan kung paano nila itinuturing ang mga tiwaling tao, nagsasalita lamang ng mga salitang sumisipsip at nambobola kapag nakikita nila si Cristo, at pagkatapos ay inoobserbahan ang mga reaksiyon ni Cristo at sinusubukang tugunan ang Kanyang mga kagustuhan. Ang ilang tao, kapag nakikita si Cristo, ay nagsasabing: “Nakita kita mula sa malayo. Namumukod-tangi ka sa karamihan. Hindi tulad ng iba, na walang mga limbo, ikaw ay may limbo sa iyong ulo. Alam ko na agad na ikaw ay hindi ordinaryong tao. Sino pa ba sa sambahayan ng diyos ang hindi ordinaryo kundi si cristo? Nang makita kita, alam ko na, walang duda na ito ay totoo. Ang laman kung saan nagkatawang-tao ang diyos ay talagang naiiba.” Hindi ba’t ito ay tahasang kalokohan? Ang Aking anyo ay ordinaryo, pangkaraniwan. Kung wala Akong ginagawa o sinasabi sa mga tao, maaaring wala pa ring makakilala sa Akin kahit matapos ang isa o dalawang taon. Sa anumang grupo, Ako ay isang ordinaryong miyembro lamang; walang sinumang makakakita ng anumang espesyal sa Akin. Ngayon, Ako ay gumagawa sa iglesia, at dahil sa patotoo ng Diyos, nakikinig kayo kapag nagsasalita Ako sa gitna ninyo. Ngunit kung wala ang patotoo ng Diyos, ilan ang makikinig o magbibigay-pansin sa Akin? Iyan ay nananatiling isang katanungan, walang nakakaalam. Sinasabi ng ilang tao: “Para sa akin, siya ay mukhang diyos. Palagi kong nararamdaman na siya ay hindi ordinaryo, naiiba sa lahat.” Paano Ako naiiba? Mayroon ba Akong tatlong ulo at anim na braso? Paano mo natutukoy ang pagkakaiba? Minsang sinabi ng Diyos: Sadyang hindi Ko ipinapakita sa mga tao ang kahit kaunting bakas ng

pagka-Diyos sa Akin. Kung hindi ipinapakita ng Diyos sa mga tao ang Kanyang pagka-Diyos, paano mo ito nakikita? Hindi ba't may problema sa sinasabi ng mga taong ito? Ito ay malinaw na walang iba kundi walang katuturang salita ng mga kasuklam-suklam na nambobola, na ang mga salita ay walang kabuluhan. Ang panlabas na anyo ng nagkatawang-taong Diyos ay sa isang ordinaryong tao. Paano makikilatis ng mga mata ng tao ang pagka-Diyos ni Cristo? Kung hindi gumawa at nagsalita si Cristo, walang makakakilala sa Kanya o makakaalam ng Kanyang pagkakakilanlan at diwa. Ito ay isang katunayan. Kung gayon, paano naman ang mga nagsasabi ng, "Sa unang sulap pa lang ay alam ko nang ikaw ang laman kung saan nagkatawang-tao ang diyos, naiiba ka sa lahat," o "Nang makita kita, alam kong magagawa mo ang mga dakilang bagay"? Ano ang mga pahayag na ito? Ang mga ito ay pawang kalokohan! Noong hindi pa nagbibigay ng Kanyang patotoo ang Diyos, paanong hindi mo ito nakilatis kahit ilang beses ka pang tumingin? Pagkatapos ng patotoo ng Diyos, nang sinimulan Ko ang Aking gawain, paano mo ito biglang nakita sa unang sulap pa lang? Ang mga ito ay malinaw na mga mapanlinlang na salita, pawang kabaliwan.

Ang ilang tao, kapag nakikipagkita o nakikipag-ugnayan sa Akin, ay gustong magpakitang-gilas. Iniisip nila: "Bihira lang ang pagkakataon na makatagpo ang nagkatawang-taong diyos; ito ay isang pambihirang pagkakataon sa buhay ng isang tao. Kailangan kong galingan, ipakita ang mga resulta ng aking pananampalataya sa diyos sa loob ng maraming taon, at ang magagandang nakamit ko mula nang tanggapin ko ang kasalukuyang yugto ng gawain ng diyos, para mabatid ng diyos ang mga ito." Ano ang ibig sabihin nila sa pagpapabatid sa Akin? Umaasa silang magkaroon ng pagkakataong tumaas ang ranggo nila. Kung ito ay sa iglesia, baka hindi na sila magkaroon ng pagkakataong mamukod-tangi o tumaas ang ranggo sa kanilang buong buhay; walang maghahalal sa kanila. Iniisip nila na dumating na ang pagkakataon, kaya pinag-iisipan nila kung paano magsalita sa paraang hindi magbubunyag ng anumang isyu at hindi magpapakita na nagtatangka silang magpakitang-gilas. Kailangan nilang maging mas maingat at mahusay, gumamit ng ilang pakana at panlalansi, gumamit ng maliliit na katusuhan. Sinasabi nila: "O diyos, tiyak na labis na kaming nakinabang mula sa pananampalataya sa iyo sa mga nakaraang taon! Ang buong pamilya namin ay nananampalataya, tinalikdan namin ang lahat ng bagay upang igugol ang aming sarili para sa diyos. Pero hindi iyon ang pinakamahalaga. Ang pinakamahalaga ay na napakadakila ng iyong mga salita, at napakarami mong nagawang gawain. Handa kaming lahat na gawin ang aming mga tungkulin at gugulin ang aming sarili para sa diyos." Sinasabi Ko naman: "Pero wala namang tunay na pakinabang dito." "Mayroon—ang biyayang ibinigay ng diyos ay masagana. Marami kaming nakamit na bagong liwanag, kabatiran, at pag-unawa sa mga salita ng diyos. Ang lahat ng kapatid ay napakasigla, lahat ay handang gugulin ang kanilang sarili para sa diyos." "Mayroon bang mga mahina at negatibo? Mayroon bang sinuman na nagdudulot ng pagkagambala at kaguluhan?" "Wala, napakabuti ng aming buhay iglesia. Lahat ng kapatid ay naghahangad na mahalin ang diyos, talikdan ang

lahat para ipangaral ang ebanghelyo. Ang lahat ng sinasabi ng diyos ay mabuti. Lahat kami ay napupukaw, at hindi na maaaring manampalataya nang gaya ng dati, nang naghahanap ng biyaya at naghahangad na makinabang hangga't nais. Kailangan naming talikdan ang lahat para sa diyos, ialay ang aming sarili sa diyos, at gugulin ang aming sarili para sa diyos." "Kung gayon, sa mga nakaraang taon, nagkamit ba kayo ng anumang pagkaunawa sa mga salita ng Diyos?" "Oo, nagkamit kami. Napakaganda ng mga salita mo, o diyos, ang bawat pangungusap ay tumatama sa aming mga pangunahing isyu, inilalantad ang aming kalikasang diwa! Nakatanggap kami ng malaking liwanag sa pagkaunawa sa aming sarili at sa iyong mga salita. O diyos, ikaw ang nagligtas sa buhay ng buong pamilya namin, ng buong iglesia namin. Kung wala ka, matagal na kaming namatay kung saanman. Kung wala ka, hindi namin alam kung paano magpapatuloy. Umaasam ang lahat ng tao sa aming iglesia na makita ka, nagdarasal araw-araw para matagpuan ka sa kanilang mga panaginip, umaasang makakasama ka araw-araw!" Sa kanilang pananalita, sa esensiya ba ay may mga taos-puso o tapat na salitang nabanggit? (Wala.) Ano ang mga salitang ito kung gayon? Ang mga ito ay mapagpaimbabaw, walang kabuluhan, at walang silbi. Kapag hinihiling Kong talakayin nila ang pagkilala sa sarili, sinasabi nila, "Mula nang tanggapin ko ang gawain ng diyos, nararamdaman kong ako ay isang diyablo at isang Satanas, na walang pagkatao." "Paano ka nagiging walang pagkatao?" "Ako ay kumikilos nang walang mga prinsipyo." "Sa anong mga kilos ka walang prinsipyo?" "Hindi ko magawang makipagtulungan nang matiwasay sa iba, ang aking mga pakikipag-ugnayan sa iba ay walang mga prinsipyo, ang aking pakikitungo sa mga tao ay walang mga prinsipyo. Ako ay isang diyablo at isang Satanas, nagmula ako kay Satanas, malalim ang paggawang tiwali sa akin ni Satanas. Nilalabanan ko ang diyos sa bawat pagkakataon, palagi kong sinasalungat at kinokompronta ang diyos." Ang mga salitang ito ay magandang pakinggan sa panlabas. Kapag tinatanong Ko sila, "Kumusta na si ganito at ganyan sa inyong iglesia ngayon?" Sinasabi nila, "Ngayon ay maayos na siya. Tinanggal siya sa pamumuno ng iglesia dati, pero pagkatapos ay nagsisi siya, at hinalal siyang muli ng mga kapatid." "Ang tao bang iyon ay naghahangad sa katotohanan?" "Kung sinasabi ng diyos na ito ay naghahangad sa katotohanan, kung gayon ang taong ito ay naghahangad; kung sinasabi ng diyos na hindi, kung gayon ay hindi ito naghahangad." "Ang taong ito ay mukhang masigasig, pero ang kanyang kakayahan ay talagang mahina, hindi ba?" "Mahina? Oo, medyo. Kung hindi, bakit naman siya tinanggal ng mga kapatid noong nakaraan?" "Kung mahina ang kanyang kakayahan, makagagawa ba siya ng kongkretong gawain? Matutupad ba niya ang obligasyon ng pamumuno sa iglesia?" Pagkarinig sa Aking mga salita, ang nagiging interpretasyon nila rito ay na ang isang taong mahina ang kakayahan ay hindi makakatupad sa obligasyon, at sinasabi nila, "Kung gayon ay hindi niya ito matutupad. Pinili siya ng mga kapatid bilang ang pinakamagaling sa mga hindi magaling; wala nang iba pa na mas magaling, kaya pinili nila siya. Sinasabi ng lahat ng kapatid na ang kanyang kakayahan ay karaniwan, pero kaya pa rin niya kaming pamunuan. Kung

mahina ang kanyang kakayahan, sa palagay ko ay maaaring hindi na siya piliin ng mga kapatid sa susunod. O diyos, dapat ko bang subukang impluwensiyahan ang mga kapatid?” “Ang usaping ito ay nakasalalay sa tayog ng mga kapatid sa inyong iglesia. Pinipili nila ang taong sa palagay nila ay mabuti batay sa mga prinsipyo—tama ang prosesong ito, pero ang ilang tao ay hangal at hindi makakilatis sa mga tao o bagay, at kung minsan ay pumipili sila ng maling tao.” Ano ang ibig Kong sabihin sa pagsasabi nito? Nagpapahayag lamang Ako ng isang katunayan, hindi Ko sadyang nilalayon na tanggalin ang taong ito. Pero paano ito naarok ng anticristo matapos itong marinig? Hindi nila ito sinabi nang malakas, pero iniisip nila, “Isa ba itong pahiwatig mula sa diyos para tanggalin ang taong ito? Kung gayon, dapat kong siyasatin pa kung ano talaga ang ibig sabihin ng diyos. Kung ang taong ito ay matanggal, sino pa ang puwedeng mamuno sa iglesia, sino ang makakagawa ng gawaing ito?” Ang mga anticristo ay bulag sa Diyos, wala Siyang puwang sa kanilang puso. Kapag nakakaharap nila si Cristo, itinuturing lang nila Siya bilang ordinaryong tao, palagi silang nakikiramdam sa Kanyang mga ekspresyon at tono, iniaangkop ang kanilang sarili batay sa hinihingi ng sitwasyon, hindi kailanman sinasabi kung ano talaga ang nangyayari, hindi kailanman nagsasalita ng anumang taos sa puso, nagsasalita lamang ng mga hungkag na salita at doktrina, at sinusubukang linlangin at lansihin ang praktikal na Diyos na nakatayo sa harapan ng kanilang mga mata. Wala talaga silang may-takot-sa-Diyos na puso. Ni hindi nila kayang makipag-usap sa Diyos nang mula sa puso, na magsabi ng anumang totoo. Nagsasalita sila na parang isang gumagapang na ahas, ang galaw ay paliko-liko at hindi tuwiran. Ang paraan at direksyon ng mga salita nila ay tulad ng isang baging ng melon na umaakyat sa isang poste. Halimbawa, kapag sinasabi mong ang isang tao ay may mahusay na kakayahan at maaaring iangat, kaagad silang nagsasalita tungkol sa kung gaano kahusay ang taong ito, at kung ano ang naipapamalas at naibubunyag sa kanya; at kung sasabihin mong ang isang tao ay masama, mabilis sila sa pagsasalita kung gaano ito kasama at kamakasalan, kung paano siya nagdudulot ng mga kaguluhan at pagkagambala sa iglesia. Kapag nagtatanong ka tungkol sa mga aktuwal na sitwasyon, wala silang masasabi; nagpapaligoy-ligoy sila, naghihintay na gumawa ka ng kongklusyon, nakikinig para sa kahulugan ng mga salita mo, upang maiayon nila ang kanilang mga salita sa iyong mga iniisip. Ang lahat ng sinasabi nila ay mga salitang masarap pakinggan, pambobola, at labis na pagpupuri na may kasamang pagpapakababa; walang sinserong salita ang lumalabas sa kanilang mga bibig. Ganito sila makipag-ugnayan sa mga tao at kung paano nila tratuhin ang Diyos—ganyan talaga sila kamapanlinlang. Ito ang disposisyon ng isang anticristo.

May ilang tao na nakikipag-ugnayan sa Akin, nang hindi alam kung anong klaseng mga salita o usapin ang gusto Kong marinig; gayumpaman, kahit na hindi nila alam, humahanap sila ng paraan. Pumipili sila ng ilang paksa na tatalakayin sa Akin, iniisip nila, “Maaaring maging interesado ka sa mga paksang ito, maaaring ang mga ito ang mga gusto mong malaman o marinig ngunit masyado kang magalang kaya hindi mo

matanong, kaya ako na ang magkukusang magsabi sa iyo.” Kapag nagkikita kami, sinasabi nila, “Kamakailan, nagkaroon ng malalakas na ulan sa aming lugar, na nagdulot ng pagbaha sa buong lungsod. Ang kaayusang pampubliko ay lumalala rin; napakarami nang magnanakaw ngayon. Kapag lumabas ang isang tao, may panganib na siya ay manakawan o madukutan. Narinig ko na sa ilang lugar, maraming bata ang dinukot, at ang mga tao ay nangangamba. Sinasabi ng mga walang pananampalataya na naging masyado nang magulo ang lipunan, ganap nang abnormal. Ang mga tao sa relihiyon ay mahigpit pa ring nakakapit sa Bibliya at nangangaral ng ebanghelyo, sinasabi na dumating na ang mga huling araw, na malapit nang bumaba ang diyos, at na malapit na ang malalaking kalamidad.” At may ilang tao na, kapag nakatagpo Ako, ay agad na nagsasabi, “Ilang araw na ang nakalipas, tatlong buwan ang lumitaw sa kalangitan sa isang lugar, at maraming tao ang kumuha ng mga litrato. Sinasabi ng ilang manghuhula na malalaking pangitain ang malapit nang lumitaw sa kalangitan, na ang tunay na panginoon ay nagpakita na.” Sinasabi nila ang mga ganitong bagay—sila ay partikular na interesado at nangongolekta ng impormasyon tungkol sa pangyayari ng gayong kaguluhan sa lipunan, mga sakuna, at iba’t ibang di-pangkaraniwang mga kaganapan at mga penomenang pang-astronomiya. Kapag nakikipagtagpo sila sa Akin, ginagamit nila ito bilang paksa ng pag-uusap upang magkaroon sila ng mas malapit na relasyon sa Akin. Ang ilang tao ay naniniwala, “Ang nagkatawang-taong diyos ay isang ordinaryong tao. Ang pagkakaiba niya sa iba ay nasa katunayan na ginagawa niya ang gawain ng diyos at kumakatawan siya sa diyos. Kaya, habang ang karamihan sa mga tao ay umaasa para sa kapayapaan sa mundo, para mamuhay ang mga tao sa pagkakaisa at kasiyahan, ang cristo sa laman ay hindi tulad ng mga normal na tao. Inaasam niya ang isang malaking kaguluhan sa mundo, ang pagdating ng mga pangitain at ng malalaking kalamidad, ang mabilis na pagsasakatuparan sa dakilang gawain ng diyos, at ang mabilis na pagtatapos ng gawain ng pamamahala ng diyos, upang matupad ang kanyang mga salita. Ito ang mga paksang pinapahalagahan niya at interesado siya. Kaya, kapag nakikipagtagpo ako sa kanya, sasabihin ko ang mga bagay na ito, at siya ay talagang matutuwa. Kung matutuwa siya, marahil tataas ang ranggo ko, at maaari akong magkaroon ng pagkakataon na makasama siya nang mas maraming araw.” May mga gayong tao ba? Minsan nakilala Ko ang isang batang babae na matamis magsalita; magaling siyang magsalita, mabilis mag-isip, at alam na alam niya kung paano susunod sa agos at mahusay siyang makisama sa lahat, lalong bihasa siya sa pakikipag-ugnayan sa mga nasa kapangyarihan at may katayuan. Kapag nakikipag-ugnayan siya sa Akin, kapag nagtatagpo kami, agad niyang sinasabi: “Sa ganito at ganoong lugar, laganap ang kriminal na mundo; kahit ang lokal na pulis ay may mga miyembro ng gang. May isang lider ng gang na gumawa ng maraming masamang bagay sa lokalidad. Isang araw, nakatagpo niya ang isang mataas na opisyal, isang punong demonyo, sa kalsada. Nilagpasan ng kanyang sasakyan ang sasakyan ng punong demonyo, at sinabi ng punong demonyo sa bodyguard nito, ‘Kaninong sasakyan iyon? Ayaw ko nang makita siyang muli!’

Kinabukasan, siya ay pinatay.” May mga gayong bagay ba sa lipunan? (Mayroon.) Umiiral ang mga gayong bagay, pero kapaki-pakinabang ba itong gawing pangunahing paksa ng pag-uusap kapag nakikipagkita sa Akin? Ang mga ito ay hindi ang mga paksang pinapahalagahan Ko o gusto Kong marinig, pero hindi niya alam iyon. Akala niya ay gusto Kong marinig ang mga nakakakilabot na kuwentong ito. Sabihin mo sa Akin, ang mga sakuna, pangitain, natural at gawa ng tao na kalamidad ba ang mga paksang pinapahalagahan Ko, ang mga gusto Kong marinig? (Hindi.) Ayos lang na pakinggan ang mga bagay na ito upang palipasin ang oras, ngunit kung iniisip mong talagang gusto Kong marinig ang mga ito, nagkakamali ka. Hindi Ako interesado sa mga bagay na ito, ayaw Kong marinig ang mga ito. Tinatanong ng ilang tao, “Nakikinig ka ba kapag sinasabi ng mga tao ang mga bagay na ito?” Hindi Ako tumututol sa pakikinig, ngunit hindi ibig sabihin niyon na gusto Kong makinig, at hindi rin ibig sabihin nito na gusto Kong mangolekta ng ganitong impormasyon, ng mga ganitong kuwento. Ano ang ibig sabihin nito? Ibig sabihin nito na sa kaibuturan ng puso Ko, wala akong kuryosidad tungkol sa mga bagay na ito, wala Akong anumang interes. Iniisip pa nga ng ilang tao, “Sa iyong puso, hindi ba’t partikular mong kinamumuhian ang malaking pulang dragon? Kung kinamumuhian mo ang malaking pulang dragon, sasabihin ko sa iyo ang tungkol sa isang parusa na natanggap ng malaking pulang dragon: Nagkaroon ng tunggalian sa pagitan ng matataas na opisyal sa loob ng malaking pulang dragon, may ilang paksiyon ang naglalabanan, halos mapatay na ang isang pinunong demonyo. Ang mga pinunong demonyong ito ay nakaligtas na sa ilang pagtatangka ng pagpatay, napakamapanganib talaga! Matutuwa ka bang marinig ito?” Matutuwa ba kayong lahat na marinig ang mga gayong bagay? Kung matutuwa kayo, matuwa kayo; kung ayaw ninyo itong marinig, huwag kayong makinig—wala itong kinalaman sa Akin. Sa madaling salita, tungkol sa mga bagay na ito, kung ito man ay isang epidemya sa isang bansa, kung paano nagsimula ang epidemya, kung ilang tao ang namatay, kung aling bansa ang nakaranas ng malaking sakuna, ang kalagayan ng gobyerno ng isang bansa, kung gaano kabagsik ang mga panloob na tunggalian sa mga mataas na antas ng isang bansa, o mga kaguluhan sa lipunan, maaaring makinig Ako kung sakaling marinig Ko ang mga ito, ngunit hindi Ko pagsisikapang hanapin ang mga partikular na detalye tungkol sa mga kaganapang ito, hindi Ako makikinig sa balita, magbabasa ng mga diyaryo, o maghahanap sa online para sa mga nilalaman na may kaugnayan sa mga kaganapang ito dahil lamang hindi Ko alam ang tungkol sa mga ito. Hinding-hindi Ko gagawin iyon, at hindi Ko kailanman ginagawa ang mga gayong bagay. Hindi Ako interesado sa mga bagay na ito. Sinasabi ng ilang tao: “Lahat ng ito ay nasa ilalim ng Iyong kontrol, Ikaw ang may gawa ng lahat ng ito; kaya hindi Ka interesado.” Tama ba ang pahayag na ito? Tama ito pagdating sa doktrina, pero sa diwa, hindi iyon ang kaso. Ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa tadhana ng tao, sa bawat lahi, bawat pangkat ng tao, sa bawat panahon. Normal lang na magkaroon ng ilang sakuna at di-pangkaraniwang kaganapan sa bawat panahon—lahat ng ito ay nasa kamay ng Diyos. Kahit na anumang

kapanahunan pa, kahit na may mga mahalaga o maliit na kaganapang mangyari, kapag dumating ang oras para magbago ang isang kapanahunan, kahit na walang pagbabago sa isang damo o puno, kailangang lumipas ang panahong iyon. Ito ay isang bagay ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos. Kung ang isang kapanahunan ay hindi dapat matapos, kahit na mayroong malalaking pagbabago sa mga penomena sa kalangitan o sa lahat ng bagay sa lupa, hindi ito dapat magtapos. Lahat ng ito ay mga gawain ng Diyos, labas na sa pangingialam o pagtulong ng tao. Ang pinakadapat gawin ng mga tao ay huwag nang alalahanin pa ang mga bagay na ito, huwag mangolekta ng ebidensiya at impormasyon tungkol sa mga kaganapang ito upang matugunan ang kanilang kuryosidad. Tungkol sa mga bagay na ginagawa ng Diyos, dapat mong maunawaan ang lahat ng kaya mong maunawaan, at huwag piliting unawain kung saan hindi ito posible. Sa tiwaling sangkatauhan, ang mga bagay na ito ay napakanormal, napakakaraniwan. Lahat ng usaping ito—ang pagbabago ng mga kapanahunan, ang pagbabagong-anyo ng kaayusan ng mundo, ang kapalaran ng isang lahi, ang pamamahala at katayuan ng isang rehimen, at iba pa—ay pawang nasa mga kamay ng Diyos, lahat ay nasa ilalim ng Kanyang kataas-taasang kapangyarihan. Kailangan lang ng mga tao na maniwala, tumanggap, at magpasakop; sapat na iyon. Huwag maghangad na maunawaan ang mas maraming mga misteryo, na inaakalang kapag mas marami kang nauunawaang mga misteryo, mas mukhang maganda ito, na para bang sa pamamagitan ng pananampalataya sa Diyos ay may malaki kang tayog at espirituwalidad. Ang pagkakaroon ng gayong kaisipan ay nangangahulugang mali ang iyong pananaw sa pananampalataya sa Diyos. Ang mga bagay na ito ay hindi mahalaga. Ang tunay na mahalagang bagay, ang dapat pinakaalalahanin ng mga tao, ay ang sentro ng plano ng pamamahala ng Diyos—ang kaligtasan ng sangkatauhan, binibigyang-kakayahan ang sangkatauhan na maligtas sa loob ng gawain ng plano ng pamamahala ng Diyos. Ito ang pinakamalaki at pinakasentrong bagay. Kung nauunawaan mo ang mga katotohanan at mga pangitaing may kaugnayan sa bagay na ito, kung gayon ay tanggapin mo ang ginagawa ng Diyos sa iyo at ang katotohanang itinatustos Niya sa iyo, at tanggapin ang bawat pagkakataon ng pagpupungos, paghatol, at pagkastigo, kung tatanggapin mo ang lahat ng ito, ito ay mas mahalaga kaysa sa pagsasaliksik ng mga penomena sa kalangitan, mga misteryo, mga sakuna, o politika.

May ilang tao na natututo nang kaunti tungkol sa kasaysayan, nakakaunawa ng kaunting politika, at, sa isang banda, gusto nilang magpakitang-gilas; sa isa pang banda, iniisip nila, “Ang diyos na nagkatawang-tao ay nagtataglay ng diwa at katotohanan ng diyos. Alam niya ang katunayan na ang diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay at nauunawaan niya ang mga detalye nito. Kaya, kung nauunawaan ko ang politika at kasaysayan, kaya ko na bang matugunan ang kanyang mga pangangailangan? Kaya ko na bang matugunan ang kanyang kuryosidad tungkol sa lahat ng bagay na ito?” Sinasabi Ko sa iyo, nagkakamali ka! Ang pinakakinasusuklanan Ko ay una, ang politika, at ang pangalawa, ang kasaysayan. Kung tatalakayin mo ang

tungkol sa kasaysayan, kung magbabahagi ka ng mga nakakatawang anekdota na parang kuwento, o kaswal na makikipagdaldalan para lang palipasin ang oras, ayos lang. Pero kung ituturing mo ang mga salitang ito, ang mga usaping ito, bilang seryosong paksa para talakayin sa Akin, para sumipsip, lumikha ng ugnayan, nagkakamali ka; hindi Ko nais na pakinggan ang mga ito. May ilang tao na nagkakamali sa pag-iisip na, “Ibinabahagi mo ang katotohanan at nangunguna ka sa mga pagtitipon para sa mga tao dahil kailangan mo; sa kaibuturan mo, ang pinakagusto mo ay malaking kaguluhan sa mundo. Natatakot kang hindi sapat ang kaguluhan sa mundo. Kapag may sakuna, sino ang nakakaalam kung gaano ka kasaya nang walang nakakakita, marahil ay nagsisindi ka pa ng mga paputok para magdiwang!” Sinasabi Ko sa iyo, hindi ganyan ang nangyayari. Kahit na mamatay at bumagsak ang malaking pulang dragon, mananatili Ako kung ano Ako. Tinatanong ng ilang tao, “Hindi Ka ba matutuwa kapag bumagsak ang malaking pulang dragon? Kapag ang malaking pulang dragon ay nawasak at naparusahan, hindi ba’t dapat Kang magpaputok ng mga paputok? Hindi ba’t dapat Kang magdaos ng isang malaking piging at magdiwang kasama ng mga hinirang ng Diyos?” Sabihin mo sa Akin, ito ba ang dapat Kong gawin? Tama o mali ba na gawin ito? Umaayon ba ito sa katotohanan? Sinasabi ng ilan: “Labis na inusig ng malaking pulang dragon ang mga hinirang ng Diyos, ito ay nagpakalat ng mga walang batayang tsismis tungkol sa Diyos at siniraan ang Kanyang pangalan, nilapastangan at hinusgahan ang Diyos. Hindi ba’t dapat tayong magdiwang kapag natanggap na nito ang kabayaran nito?” Kung magdiriwang kayo, pinapayagan Ko ito, dahil mayroon kayong inyong mga lagay ng loob. Kung kayong lahat ay masaya, nananatiling gising sa loob ng tatlong araw at gabi, nagtitipon upang basahin ang mga salita ng Diyos, kumakanta ng mga himno at sumasayaw upang purihin ang katuwiran ng Diyos, nagagalak na sa wakas ay winasak at niyurakan ng Diyos ang malaking pulang dragon, ang kaaway, sa ilalim ng Kanyang mga paa, at ang mga hinirang ng Diyos ay hindi na magdurusa sa pang-uusig at pagpapahirap nito, hindi na hindi makakauwi sa kanilang mga tahanan, at sa wakas ay makakabalik na sa kanilang mga pamilya, ang lagay ng loob ng lahat ay kauna-unawa. Kung nais ninyong magdiwang at magpahinga sa ganitong paraan, pumapayag Ako. Ngunit para sa Akin, gagawin Ko ang nararapat Kong gawin; hindi Ako nakikilahok sa mga aktibidad na ito. Tinatanong ng ilang tao: “Bakit Ka may ganyang saloobin? Hindi ba’t ito ay nakakapanghina ng loob ng mga tao? Bakit hindi Ka magpakita ng kaunting alab ng damdamin? Kung wala Ka sa pinakakritikal na sandali, paano kami magdiriwang?” Ang pagdiriwang ay hindi mali, pero may isang bagay na kailangan nating ibahagi nang malinaw: Sabihin nating naparusahan ang malaking pulang dragon, inalis na ito ng Diyos; ang diyablong haring ito, na minsang naglingkod upang gawing perpekto ang mga hinirang ng Diyos, ay nawasak at napuksa—kaya, paano naman ang tayog ng mga hinirang ng Diyos? Gaano karaming katotohanan ang inyong naunawaan? Kung kayong lahat ay makakagawa ng inyong mga tungkulin nang pasok sa pamantayan, at pawang mga nilikha na pasok sa pamantayan, kayang matakot sa Diyos at iwasan ang

kasamaan, kung saan ang bawat tao ay nagtataglay ng tayog nina Job at Pedro, at lahat ay naligtas na, kung gayon ay tunay na masayang sandali ito, isang bagay na karapat-dapat ipagdiwang. Gayumpaman, kung isang araw ay bumagsak ang malaking pulang dragon at ang inyong tayog ay hindi umaabot sa antas ng tapat na paggawa sa inyong mga tungkulin, kung wala pa ring takot sa Diyos sa inyo, at hindi ninyo magawang umiwas sa kasamaan, napakalayo sa tayog nina Job at Pedro, hindi kayang tunay na magpasakop sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, at hindi maituturing bilang mga nilikhang pasok sa pamantayan, kung gayon ano ang inyong ikatutuwa? Hindi ba't ito ay pagpapakasaya lamang sa walang kabuluhang kagalakan? Ang gayong pagdiriwang ay walang kahulugan at walang halaga. Sinasabi ng ilang tao: "Labis kaming inuusig ng malaking pulang dragon; tiyak na ayos lang naman na kamuhian namin ito? Ang kilalanin ang diwa nito ay ayos lang, hindi ba? Labis kami nitong inusig; bakit hindi kami maaaring maging masaya kapag ito ay naalis na?" Ayos lang na maging masaya, na ipahayag ang inyong mga emosyon. Gayumpaman, kung iniisip mo na ang pagkawasak ng malaking pulang dragon ay nangangahulugan ng pagtatapos ng plano ng pamamahala ng Diyos, na ang sangkatauhan ay naligtas na, itinutumbas ang pagkawasak ng malaking pulang dragon sa pagtatapos ng plano ng pamamahala ng Diyos, gayundin sa iyong sariling kaligtasan at pagiging perpekto, hindi ba't mali ang pagkakaintindi na ito? (Mali nga ito.) Kaya, ano ang inyong nauunawaan ngayon? Tungkol sa kaaway ng Diyos, ang malaking pulang dragon, ang tadhana nito at kung paano ito ay mga usapin na ng Diyos, at walang kaugnayan ang mga ito sa iyong paghahangad sa pagbabago ng disposisyon o kaligtasan. Ang malaking pulang dragon ay isa lamang hambingan, gamit-pangserbisyo, na nasasailalim sa mga pamamatnugot ng Diyos. Ano man ang ginagawa nito at kung paano ito ginagamit ng Diyos upang magserbisyo ay mga usapin na ng Diyos, walang kaugnayan sa mga tao. Samakatwid, kung masyado kang nag-aalala tungkol sa kapalaran nito, na hinahayaan mo itong makaabala sa iyong puso, kung gayon ay may suliranin, may problema. Ang Diyos ay may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay, kasama na ang malaking pulang dragon, at lahat ng mga diyablo, at mga Satanas, kaya ano man ang ginagawa ng mga diyablo at Satanas, kung paano man sila, ay walang kaugnayan sa iyong buhay pagpasok o pagbabago ng disposisyon. Ano ang may kaugnayan sa iyo? Kailangan mong kilalanin ang buktot at malupit na diwa ng paglaban nito sa Diyos, ang diwa nito na antagonistiko sa Diyos at kaaway ng Diyos—ito ang kailangan mong maunawaan. Tungkol naman sa iba pa, kung ano mang mga sakuna ang idudulot dito ng Diyos, kung paano pinamamatnugutan ng Diyos ang kapalaran nito, wala itong kaugnayan sa iyo, at ang malaman ito ay walang silbi. Bakit wala itong silbi? Dahil kahit na malaman mo, hindi mo maiintindihan kung bakit kumikilos ang Diyos sa gayong paraan. Kahit na makita mo ito, hindi mo malalaman kung bakit pinipili ng Diyos na kumilos sa gayong paraan, hindi mo kayang lubusang maunawaan ang katotohanan sa likod nito. Tatapusin Ko na ang paksang ito rito sa ilang maikling pahayag lamang na ito.

Ang mga pagpapamalas ng mga anticristo sa paggamit ng paninipsip, pambobola, at mga salitang masarap pakinggan, siyempre, ay makikita rin sa mga ordinaryong tiwaling tao, ngunit ano ang pagkakaiba ng mga anticristo sa mga ordinaryong tiwaling tao? Sa kanilang paninipsip, pambobola, at mga salitang masarap pakinggan, ay walang respeto, walang sinseridad. Sa halip, ang pakay nila ay paglaruan, subukan, at gamitin ang Diyos na nagkatawang-tao, kaya't lumilitaw ang mga pagsasagawang ito; mayroon silang sariling mga layon. Nais nilang paglaruan ang ordinaryong taong nakikita nila sa kanilang harapan sa pamamagitan ng paninipsip, pambobola, at mga salitang masarap pakinggan, upang lokohin si Cristo, upang hindi makita ni Cristo kung sino talaga sila, anong klaseng mga tiwaling disposisyon ang mayroon sila, anong klaseng integridad, anong klaseng diwa ang taglay nila, at sa aling kategorya ng tao sila nabibilang. Nais nilang manloko at manlinlang, tama ba? (Oo.) Sa kanilang paninipsip, pambobola, at mga salitang masarap pakinggan, mayroon bang kahit isang sinserong salita? Wala ni isa. Ang intensyon at pakay ng mga anticristo ay ang manlinlang, manloko, at manlaro. Hindi ba't ang mga pagsasagawang ito ang diwa ng mga anticristo na nanghahamak sa katotohanan? (Oo.) Iniisip nila na ang lahat ng ordinaryong tao ay gustong makarinig ng magagandang salita, natutuwa sa pambobola, at gustong magpaalipin ang iba sa kanila, na nagbibigay sa kanila ng pakiramdam ng kahalagahan at nagpapakita na ang kanilang katayuan ay tila mas iginagalang at mas engrande kaysa sa karaniwang tao. Sa kabaligtaran, kung ang isang tao ay labis na nagpapakaalipin sa harap ni Cristo, walang integridad at dignidad, nagsasalita nang paligoy-ligoy, palaging sinusubukang manlinlang, at palaging sinusubukang pagtakpan ang mga katunayan, tinatrato si Cristo nang may pagpapanggap at kabulaanan, bukod sa hindi tatanggapin ni Cristo ang anuman sa mga ito, maiinis pa Siya sa iyo sa Kanyang puso. Hanggang sa anong antas? Sasabihin ng Diyos na ang taong ito ay kasuklam-suklam, hindi nagsasalita ng kahit isang katotohanan, iniisip lamang kung paano sumipsip, hindi mabuti, hindi isang positibong karakter—ang gayong tao ay hindi maaasahan at hindi mapagkakatiwalaan. Hindi maaasahan at hindi mapagkakatiwalaan; ito ang depinisyong ibinibigay sa mga gayong tao. Sa panlabas, itong dalawang parirala lamang na ito, ngunit sa aktuwal, ang gayong tao ay hindi nagmamahal sa katotohanan, hindi makakamtan ang katotohanan, at malamang na hindi maliligtas. Ano ang kahalagahan at halaga ng pananampalataya ng gayong tao sa Diyos kung hindi naman niya makakamit ang katotohanan at malamang na hindi siya maliligtas? Kung hindi siya nagdudulot ng mga pagkagambala o kaguluhan, maaari lamang siyang gumanap ng papel ng isang hambingan o gamit-panserbisyo sa sambahayan ng Diyos, tulad lamang ng malaking pulang dragon. Ano ang ibig sabihin ng gumanap ng papel ng isang bagay? Ibig sabihin ay pansamantala, gumagawa hangga't kaya nila, tulad ng paghila sa isang kariton, na nagpapatuloy hangga't hindi nila ito naitutumba. Bakit sila pinapagampan ng isang papel? Dahil ang mga gayong tao ay hindi naghahangad ng katotohanan. Labis nilang kinamumuhian at hinahamak ang katotohanan sa kanilang puso, labis nilang pinagtatawanan at pinaglalaruan ang katotohanan, kaya ang kanilang

pinakawakas ay tiyak na magiging katulad ng kay Pablo, hindi makakarating sa dulo. Samakatwid, ang gayong uri ng tao ay maaari lamang gumanap ng papel ng isang pansamantalang tagapagserbisyo sa sambahayan ng Diyos. Sa isang banda, tinutulutan nila ang mga tunay na naghahangad sa katotohanan na lumago sa pagkilatis at pag-unawa. Sa isa pang banda, ginagawa nila ang anumang kaya nila sa sambahayan ng Diyos, nagseserbisyo hangga't kaya nila, dahil ang mga gayong tao ay hindi makakarating sa dulo ng landas.

Isang araw, nang lumabas Ako, nakasalubong Ko ang isang kakilala. Bago pa man Ako makapagsalita, tinanong na niya Ako, "Matagal na simula noong huli tayong magkita. Araw-araw akong naghihintay sa iyo rito, sobra akong nangungulila sa iyo na hindi ako makapanatili sa bahay. Lagi kitang hinahanap sa mga tao na pumaparoo't parito!" Naisip Ko, baka medyo may sakit sa pag-iisip ang taong ito. May usapan ba tayo? Bakit mo Ako hihintayin dito araw-araw? Dahil nagkita na rin naman tayo, mag-usap tayo tungkol sa isang pangunahing usapin. Tinanong Ko siya, "Kumusta ka nitong mga nakaraang araw?" Sumagot siya, "Ay, huwag mo nang itanong. Mula noong huli tayong magkita, lagi kitang iniisip kaya hindi ako makakain o makatulog. Umaasa lang ako na makikita kita balang araw." Sabi Ko, "Mag-usap tayo tungkol sa isang pangunahing usapin. Kumusta ang kalagayan mo sa panahong ito?" "Mabuti naman. Ayos lang naman." "Nagkaroon ba ng halalan sa inyong iglesia? Pareho pa rin ba ang lider?" "Hindi, inihalal nila si ganito at ganyan." "Kumusta siya?" "Okey naman siya." "Kung gayon, bakit tinanggal ang dating lider ng iglesia?" "Hindi ko alam; okey lang naman siya." "Idetalye mo, huwag mo lang palaging sabihing 'okey.' Ito ba ay dahil hindi niya kayang gampanan ang mga kongkretong gawain?" "Okey naman siya sa tingin ko." "Kumusta naman ang pagkatao ng bagong halal na lider? Kumusta ang kanyang pagkaarok sa katotohanan? Kaya ba niyang gumampan ng kongkretong gawain?" "Okey naman siya." Kahit ano pa ang itanong Ko sa kanya, palaging "okey" ang sagot niya, kaya napakahirap niyang kausap. Kaya umalis na lang Ako. Ano ang tingin mo sa kuwentong ito? Ano ang dapat na maging pamagat sa kuwentong ito? ("Okey.") Ang pamagat ng kuwentong ito ay "Okey." Sa Aking pakikipag-ugnayan sa maraming tao, kakaunti ang nagsasalita nang batay sa katwiran ng tao, lalong walang nagsasalita ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Ang bibig ng karamihan ng mga tao ay puno ng kasinungalingan, walang kuwentang salita, mga panlilinlang, at mga mapagmataas na salita; wala ni isang makatotohanang pahayag. Ni hindi Ko nga hinihingi na bawat pangungusap na sabihin mo ay dapat naaayon sa katotohanan o may katotohanang realidad, ngunit sa pinakamababa, dapat ay magawa mong magsalita tulad ng isang tao, magpakita ka ng kaunting sinseridad, magpakita ng kaunting totoong damdamin. Kung wala ang mga ito, posible bang magkaroon ng pag-uusap? Hindi. Lagi kang nagsasabi ng mga walang kabuluhang salita at kasinungalingan; kapag nahaharap sa mga sitwasyon, lumalabas ang lahat ng walang kuwentang salita, panlilinlang, mga nakakainsultong salita, at mapagmataas na salita, at mga salita ng pangangatwiran at

pagtatanggol ang lumilitaw, kaya imposibleng magkapalagayang-loob o makapag-usap, tama ba? (Tama.)

Maraming tao ang kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, na naniniwalang ang mga salitang ito ay may kaugnayan lamang sa Diyos na nasa langit, sa Espiritu ng Diyos, at sa Diyos na hindi nakikita at hindi nahahawakan. Dahil napakalayo ng Diyos na iyon, kaya itinuturing ang Kanyang mga salita na may sapat na lalim upang matawag na katotohanan. Gayumpaman, ang ordinaryong taong ito sa kanilang harapan, isang taong nakikita at naririnig kapag nagsasalita, ay pinag-iisipan na walang gaanong kaugnayan sa katotohanan, sa Diyos, o sa diwa ng Diyos. Ito ay dahil Siya ay nakikita at napakalapit sa mga tao, hindi Niya naaapektuhan ang kanilang puso o mata sa anumang paraan, at hindi Siya nagdudulot ng anumang pakiramdam ng palaisipang kuryosidad sa kanila. Pakiramdam ng mga tao, ang ordinaryo, nahahawakan, at nagsasalitang taong ito ay masyadong madaling maintindihan, masyadong madaling makilatis. Iniisip pa nga nila na kaya nila Siyang mabatid at makilatis sa isang tinginan lang. Bilang resulta, hindi namamalayan ng mga tao na tinatrato nila si Cristo nang tulad ng kung paano nila tinatrato ang isang tao, nang tulad ng kung paano nila tinatrato ang sinumang taong may katayuan o kapangyarihan. Naaayon ba ito sa mga katotohanang prinsipyo? Paano maitutumbas si Cristo sa mga tiwaling taong may katayuan at kapangyarihan? Kapag ang mga tao ay sumisipsip at nambobola sa mga tiwaling indibidwal na may katayuan at kapangyarihan, nakakamit nila ang mga pakinabang at ang pagpapahalaga ng mga ito. Ang mga tiwali ay nasisiyahan dito; nais nila ang paninipsip, pambobola, at pagpapalapad ng papel, dahil pinagmumukha sila nitong marangal at mataas, na lalong nagbibigay-diin sa kanilang sariling katayuan at kapangyarihan. Gayumpaman, si Cristo, na may diwa ng Diyos, ay ang eksaktong kabaligtaran. Kapag ang isang tao ay may katayuan at kasikatan, hindi ito dahil sa sila ay may marangal na diwa o karakter; kaya, kailangan nilang gamitin ang lahat ng uri ng paraan upang makuha ang pag-iidolo at pambobola ng iba upang maipakita nila ang kanilang kasikatan at katayuan. Sa kabaligtaran, si Cristo, na may diwa ng Diyos, ay likas na nagtataglay ng pagkakakilanlan at katayuan ng Diyos, na mas mataas kaysa sa diwa at katayuan ng sinumang nilikha. Ang Kanyang pagkakakilanlan at diwa ay umiiral nang obhetibo, na hindi nangangailangan ng pagpuri ng sinumang nilikha upang Siya ay mapatunayan; ni hindi Niya kailangan ang paninipsip o pambobola upang maipakita ang Kanyang pagkakakilanlan, diwa, o ang Kanyang marangal na katayuan. Ito ay dahil isang likas na katunayan na si Cristo ay nagtataglay ng diwa ng Diyos; hindi ito ipinagkakaloob sa Kanya ng sinumang tao, lalong hindi ito nakukuha sa pamamagitan ng maraming taon ng karanasan kasama ng sangkatauhan. Ibig sabihin, kahit wala ang lahat ng nilikha, ang pagkakakilanlan at diwa ng Diyos ay mananatiling ganoon; kahit walang sinumang nilikha na sumasamba o sumusunod sa Diyos, ang diwa ng Diyos ay nananatiling hindi nagbabago—ito ay isang katunayang hindi nagbabago. Ang mga anticristo ay maling naniniwala na anuman ang sinasabi o ginagawa ni Cristo, kailangang gumamit ang mga

tao ng mga salitang masarap pakinggan, kailangan nilang pumalakpak, kailangang sumunod, at kailangang sumipsip upang matugunan ang mga kagustuhan ni Cristo at hindi sumalungat sa Kanyang mga layunin, iniisip nila na dahil dito ay maaaring maramdaman ni Cristo ang pag-iral ng Kanyang pagkakakilanlan at katayuan. Ito ay isang malubhang pagkakamali! Paano nakakamit ng sinuman sa tiwaling sangkatauhan na may kasikatan, kapangyarihan, at katayuan ang kanilang kasikatan at kapangyarihan? (Sa pamamagitan ng paninipsip at pagpapalapad ng papel.) Ito ay isang aspekto. Bukod dito, sa pangunahin, ito ay sa pamamagitan ng kanilang pakikibaka at pagsisikap sa mga tao, maging sa pamamagitan ng manipulasyon, at sa pamamagitan ng pagkamit o pagsamsam nito gamit ang iba't ibang paraan. Iyon ay isang reputasyon lamang, isang mataas na posisyon o ranggo sa mga tao. Ang mataas na posisyong ito, mataas na ranggo, at mataas na katayuan ay nagiging dahilan upang mamukod-tangi ang isang tao sa karamihan, maging isang lider, isang tagapagpasya na may karapatang magdesisyon. Pero ano ang diwa ng taong ito na may katayuan at kasikatan, sino ang tumatayo nang nakakataas sa gitna ng mga tao? May pagkakaiba ba sila sa iba? Ang kanilang pagkakakilanlan at diwa ay parehong-pareho sa sinumang ordinaryong tiwaling tao; sila ay isang ordinaryong nilikha na ginawang tiwali sa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas, may kakayahang ipagkanulo ang katotohanan at mga positibong bagay, na may kakayahang pagbaligtarin ang tama at mali, sumalungat sa mga katunayan, gumawa ng kasamaan, lumaban sa Diyos, at suwayin at isumpa ang Langit. Ang kanilang tunay na pagkakakilanlan at diwa ay iyong sa isang taong ginawang tiwali ni Satanas, sa isang taong may kakayahang lumaban sa Diyos, kaya ang kanilang kasikatan at katayuan ay nagiging mga walang kabuluhang titulo lamang. Ang mga walang awa, malupit, at mapaminsala, na handang pumatay o manakit ng iba para sa katayuan at kasikatan, ay nakakakuha ng matataas na posisyon. Ang mga kayang magpakana, na may mga pamamaraan at marunong magplano, ay nagiging lider ng mga tao. Ang mga indibidwal na ito ay mas mapaminsala, brutal, at buktot kaysa sa mga ordinaryong tiwaling tao. Gusto nilang tinatrato sila ng walang iba kundi nang may mga salitang masarap pakinggan, pagpapalapad ng papel, paninipsip, at pambobola. Kung sasabihin mo ang katotohanan sa kanila, ilalagay mo ang iyong buhay sa panganib. Dinadala ng mga anticristo ang mga makamundong tuntunin ng laro at mga pilosopiya para sa mga makamundong pakikitungo sa sambahayan ng Diyos, ginagamit ang mga ito sa kanilang mga pakikisalamuha kay Cristo. Iniisip nila na kung gusto ni Cristo na maitatag nang matibay ang Kanyang sarili, siguradong gusto rin Niyang may mga sumisipsip, nambobola sa Kanya at nagsasabi sa Kanya ng mga salitang masarap pakinggan. Sa paggawa nito, itinuturing nila, sa di-halatang paraan, ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos bilang isang miyembro lamang ng tiwaling sangkatauhan, na siyang paraan ng mga anticristo. Samakatwid, ang disposisyon na ipinapakita ng mga anticristo sa kanilang pakikisalamuha kay Cristo ay walang duda na buktot. Sila ay may buktot na disposisyon, mahilig maghaka-haka at magbulay-bulay tungkol sa mga iniisip ng mga tao, mahilig magtantiya ng mga salita at ekspresyon ng iba, at mahilig gumamit

ng ilang paraan, ilang tuntunin ng laro na ginagamit ng mga sekular na tao sa pakikitungo kay Cristo at sa mga usaping may kinalaman sa kanilang pakikisalamuha kay Cristo. Ano ang pinakamalubhang pagkakamali nila? Bakit nila nagagawang kumilos nang ganito? Nasaan ang ugat? Sinasabi ng Diyos na ang Diyos na nagkatawang-tao ay isang ordinaryong tao. Natuwa ang mga anticristo nang marinig ito, sinasabi nila: “Kung gayon ay pakikitunguhan kita bilang isang ordinaryong tao; ngayon ay mayroon na akong batayan kung paano ka pakikitunguhan.” Kapag sinabi ng Diyos na ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos ay may diwa ng Diyos, tumutugon ang mga anticristo: “Diwa ng diyos? Bakit hindi ko ito makita? Nasaan ito? Paano ito naipapamalas? Ano ang kanyang ibinubunyag upang patunayan na mayroon siyang diwa ng diyos? Ang alam ko lamang ay sumipsip at bolahin ang mga may katayuan. Hindi ako kailanman maaaring magkamali sa paninipsip at pambobola sa mga tao; palaging ito ang tamang gawin. Ano’t anuman, mas mabuti ito kaysa sa pagsasabi ng katotohanan.” Ito ang kabuktutan ng mga anticristo. Ganito hindi naniniwala o hindi tumatanggap sa katotohanan ang mga anticristo, namumuhay lamang sa pamamagitan ng pilosopiya ni Satanas.

Sinasabi ng ilang tao: “Gusto ng lahat ang mga taong kayang sumipsip, mambola, at magsabi ng mga salitang masarap pakinggan; tanging ang Diyos ang ayaw sa mga gayong tao. Kaya, anong uri ng tao ang talagang gusto ng Diyos? Paano ba dapat makipag-ugnayan ang isang tao sa Diyos para magustuhan Niya?” Alam ba ninyo? (Gusto ng Diyos ang mga matapat na tao, mga taong nagsasabi ng kanilang saloobin sa Diyos, mga taong nagsasabi ng nasa kanilang puso at nakikipagbahaginan sa Diyos nang walang panlilinlang.) May iba pa ba? (Iyong mga may-takot-sa-Diyos na puso, na kayang makinig at tumanggap ng mga salita ng Diyos.) (Iyong mga may pusong nakatuon sa sambahayan ng Diyos, na kaisa ng puso ng Diyos.) Lahat kayo ay nagbanggit na ng ilang aspekto ng pagiging matapat na tao na dapat isagawa. Ang pagiging matapat na tao ay hinihingi ng Diyos sa tao. Ito ay isang katotohanan na kailangang isagawa ng tao. Ano, kung gayon, ang mga prinsipyong dapat sundin ng tao sa mga pakikitungo nila sa Diyos? Maging sinsero: Ito ang prinsipyo na dapat sundin kapag nakikisalamuha sa Diyos. Huwag gayahin ang pagsasagawa ng mga walang pananampalataya na paninipsip o pambobola; hindi kailangan ng Diyos ang paninipsip at pambobola ng tao. Sapat na ang maging sinsero. At ano ba ang ibig sabihin ng maging sinsero? Paano ba ito dapat isagawa? (Buksan lamang ang iyong puso sa Diyos, nang walang halong pagpapanggap o walang ikinukubling anuman o itinatagong anumang sikreto, makipag-ugnayan sa Diyos nang may matapat na puso, at magsalita nang deretsahan, nang walang anumang masamang layunin o panloloko.) Tama iyan. Upang maging sinsero, dapat mo munang isantabi ang iyong mga pansariling pagnanais. Sa halip na magtuon ng pansin sa kung paano ka itinuturing ng Diyos, dapat mong ipagtapat ang iyong sarili sa Diyos at sabihin ang anumang nasa puso mo. Huwag pagbulay-bulayan o isaalang-alang kung ano ang mga magiging kahirinatnan ng mga salita mo; sabihin kung anuman ang iniisip mo, isantabi ang mga motibasyon mo, at huwag magsalita ng mga bagay upang makamtan

lamang ang ilang layunin. Mayroon kang masyadong maraming mga personal na intensyon at adulterasyon; palagi kang nagtatantiya sa paraan ng iyong pagsasalita, isinasaalang-alang ang, “Dapat ko itong sabihin, at hindi iyon, dapat akong mag-ingat tungkol sa aking sasabihin. Gagawin ko ito sa paraang makikinabang ako, at matatakpan ang aking mga pagkukulang, at mag-iiwan ng magandang impresyon sa diyos.” Hindi ba’t ito ay pagkikimkim ng mga motibo? Bago mo ibuka ang iyong bibig, puno ang isip mo ng mga tusong kaisipan, makailang beses mong binabago para itama ang gusto mong sabihin, kaya nang lumabas na ang mga salita mula sa iyong bibig hindi na napakadalisay ng mga ito, at hindi na tunay kahit bahagya man lamang, at naglalaman na ng sarili mong mga motibo at mga pakana ni Satanas. Hindi ito ang pagiging sinsero; ito ay ang pagkakaroon ng masasamang motibo at layunin. Dagdag pa rito, kapag nagsasalita ka, lagi mong pinakikiramdaman ang mga ekspresyon ng mukha ng mga tao at ang tingin ng kanilang mga mata: Kung may positibo silang ekspresyon sa kanilang mukha, tuloy ka sa pagsasalita; kung wala naman, sinasarili mo ito at wala kang sinasabi; kung hindi maganda ang tingin ng mga mata nila, at tila hindi nila nagugustuhan ang kanilang naririnig, pinag-iisipan mo itong mabuti at sinasabi mo sa iyong sarili, “Sige, may sasabihin akong isang bagay na magiging interesado ka, na makapagpapasaya sa iyo, na magugustuhan mo, at kung saan kagigiliwan mo ako.” Ganito ba ang pagiging sinsero? Hindi. May ilang tao na hindi nag-uulat kapag nakakakita sila ng isang tao na gumagawa ng kasamaan at nagdudulot ng kaguluhan sa iglesia. Iniisip nila, “Kung ako ang unang mag-uulat nito, maaaring mapasama ko ang loob ng taong iyon, at kung sakaling nagkamali ako, kailangan kong mapungusan. Hihintayin ko na lang ang iba na mag-ulat nito, at makikisali na lang ako sa kanila. Kahit na magkamali kami, hindi naman ito malaking usapin—hindi mo naman puwedeng hatulan ang maraming tao. Gaya ng kasabihan, ‘Ang ibong nag-uunat ng kanyang leeg ang unang nababaril.’ Hindi ako magiging ganoong ibon; isa kang hangal kung igigiit mong iunat ang iyong leeg.” Ito ba ay pagiging sinsero? Siguradong hindi. Ang gayong tao ay tuso talaga; kung siya ay magiging isang lider ng iglesia, o isang superbisor, hindi ba’t magdudulot siya ng kawalan sa gawain ng iglesia? Sigurado ito. Ang gayong tao ay hindi dapat gamitin. Kaya ba ninyong kilatisin ang gayong uri ng tao? Sabihin na natin, na may isang lider na gumawa ng ilang masamang bagay at ginulo niya ang gawain ng iglesia, pero walang nakakaalam kung ano talaga ang nangyayari sa taong ito, ni hindi rin alam ng ang Itaas kung ano talaga ang pagkatao niya—ikaw lang ang nakakaalam kung ano talaga ang nangyayari sa kanya. Matapat mo bang sasabihin ang isyu sa ang Itaas sa gayong mga kalagayan? Ang isyung ito ang pinakanagbubunyag sa tao. Kung itinago mo ang usaping ito at wala kang sinabi kaninuman, kahit sa Diyos, at naghintay ka hanggang dumating ang araw na ang lider na iyon ay nakagawa na ng napakaraming kasamaan na nagdulot ng kaguluhan sa gawain ng iglesia, at nailantad at napangasiwaan na siya ng lahat, saka ka pa lang tatayo at magsasabing, “Alam ko na noon pa na hindi siya isang mabuting tao. Kaso iniisip ng iba na mabuti siya; kung nagsalita ako, walang maniniwala sa akin. Kaya, hindi ako nagsalita. Ngayong gumawa

na siya ng ilang masamang bagay at alam na ng lahat kung sino talaga siya, puwede na akong magsalita tungkol sa tunay na nangyayari sa kanya,” iyon ba ay pagiging sinsero? (Hindi.) Kung sa tuwing may nalalantad na problema ng isang tao, o may inuulat na problema, lagi kang sumusunod sa karamihan at huli ka nang tumatayo at naglalantad sa kanila o nag-uulat ng problema, ikaw ba ay sinsero? Wala sa mga ito ang pagiging sinsero. Kung hindi mo gusto ang isang tao, o may nagpasama ng loob mo, at alam mong hindi siya isang masamang tao, ngunit dahil makitid ang isip mo, namumuhi ka sa kanya at gusto mo siyang paghigantihan, na gawin siyang katawa-tawa, maaari kang mag-isip ng mga paraan at maghanap ng mga pagkakataon na magsabi ng ilang masamang bagay tungkol sa kanya sa ang Itaas. Maaaring nagpapahayag ka lang ng mga katunayan, hindi mo naman kinokondena ang taong iyon, pero kapag ipinapahayag mo ang mga katunayang iyon, nabubunyag ang iyong hangarin: Gusto mong gamitin ang kamay ng ang Itaas o na may sabihin ang Diyos upang pangasiwaan siya. Sa pamamagitan ng pag-uulat sa ang Itaas ng tungkol sa mga problema, sinusubukan mong makamit ang iyong layon. Maliwanag na may halo itong mga personal na intensyon, at tiyak na hindi ito pagiging sinsero. Kung siya ay isang masamang tao na nanggugulo sa gawain ng iglesia, at iniulat mo ito sa ang Itaas upang maprotektahan ang gawaing iyon, at higit pa roon, ang mga problemang inuulat mo ay ganap na totoo, iba iyon sa pangangasiwa ng mga bagay sa pamamagitan ng mga satanikong pilosopiya. Ito ay bunga ng pagpapahalaga sa katarungan at responsabilidad, at ito ang pagsasakatuparan ng iyong katapatan; ganito naipamamalas ang pagiging sinsero.

Ayaw ng Diyos sa mga taong sumisipsip, nambobola, o nagsasalita ng mga salitang masarap pakinggan. Kung gayon, anong uri ng tao ang gusto ng Diyos? Paano gusto ng Diyos na makipag-ugnayan at makipagbahaginan ang mga tao sa Kanya? Gusto ng Diyos ang mga matapat na tao, gusto Niya na ang mga tao ay maging sinsero sa Kanya. Hindi mo kailangang isaalang-alang ang tono ng Kanyang boses at ekspresyon o sumipsip sa Kanya; kailangan mo lang maging sinsero, magkaroon ng sinserong puso, magkaroon ng pusong walang pagtatago, pagtatakip, o pagbabalatkayo, at hayaan mong magkatugma ang iyong panlabas na anyo sa iyong puso. Ibig sabihin, kapag pinapakitunguhan mo si Cristo at nakikipag-ugnayan ka sa Kanya, hindi mo kailangang magpakahirap, gumawa ng “takdang-aralin,” o maghanda o gumawa ng kahit ano nang maaga; wala sa mga ito ang kinakailangan. Gusto ng Diyos ang sinseridad: taos-puso, normal, at natural na pakikipag-usap at pakikipag-ugnayan. Kahit may masabi kang mali o gumamit ka ng mga hindi angkop na salita, hindi ito problema. Halimbawa, sabihin nating pumunta Ako sa isang lugar at tinanong Ako ng kusinero, “Mayroon bang bawal sa iyo na pagkain? Ano ang mga pagkaing kinakain mo at hindi mo kinakain? Ano ang dapat kong ihanda?” Sabi Ko: “Huwag masyadong maalat, walang maanghang na pagkain, at saka, hindi masyadong mamantika at walang pritong pagkain. Sa mga pangunahing pagkain, alinman sa kanin o pansit ay ayos na.” Malalim ba ang mga tagubiling ito? (Hindi.) Mauunawaan ito agad ng sinumang marunong magluto, nang hindi na kailangan pang

mag-isip-isip, magbulay-bulay, o magkaroon ng detalyadong paggabay o paliwanag. Magluto ka lang ayon sa iyong karanasan, ito ay isang simpleng bagay. Ngunit kahit ang pinakamadaling bagay ay hindi magawa ng mga tao dahil sa kanilang mga tiwaling disposisyon at pagkamakasarili. Sinabi Ko na huwag masyadong mamantika, ngunit sa pagluluto, naglagay siya ng isang malaking kutsarang mantika para sa kaunting ulam na gulay, halos prituhin niya ito, kaya sobrang mamantika ang lasa. Sinabi Ko na huwag masyadong maalat, at nilagyan lang niya ng kaunting asin, kaya halos wala nang lasa. Sa dami ng mantika at napakatabang na lasa, masarap pa ba ito? Ni hindi magawa ng kusinero ang maliit na bagay na ito nang tama, at sinasabi pa nito, “Mahirap maarok ang mga layunin ng diyos. Bawat salita na sinasabi ng diyos ay ang katotohanan; mahirap para sa mga tao na isagawa ito!” Ano ang ibig sabihin ng “mahirap isagawa”? Hindi dahil mahirap itong isagawa, kundi dahil hindi mo ito isinasagawa. Napakatindi ng iyong pagkamakasarili; palagi kang may sariling mga layunin at mga personal na adulterasyon. Palagi mong gustong gawin ang mga bagay ayon sa iyong sariling kagustuhan, ginagawa ang lahat ayon sa iyong sariling panlasa. Sabi Ko: “Huwag magluto ng maanghang na pagkain. Kung gusto ninyong lahat ng maanghang na pagkain, maghanda kayo ng hindi maanghang na pagkain para sa Akin.” Pero kapag nagluluto sila, pinipilit nilang gawin itong maanghang; ganado silang kumakain at nasasarapan dito. Sabi Ko: “Sinabi Ko sa iyo na huwag itong gawing maanghang. Bakit inanghangan mo pa rin ito?” “Kailangan talaga na maanghang ang pagkaing ito. Hindi ito masarap kung walang anghang, nawawala ang lasa nito kung walang anghang.” Anong klaseng tao ito? May mabubuti ba siyang layunin? May ilang tao na mahilig kumain ng karne; sabi Ko, “Kung gusto mo ng karne, magluto ka ng ulam na may maraming karne para sa sarili mo. Lagyan mo ng kaunting karne ang iluluto mo para sa Akin, o lutuan mo na lang Ako ng gulay.” Pumapayag siya agad, ngunit sa pagluluto, binabalewala niya ang kahilingan Ko, naglalagay siya ng malalaking piraso ng karne sa kaldero, nagdaragdag pa ng sili. Mamantika na ang karne, at piniprito pa niya ito, niluluto niya ang lahat ng pagkain ayon sa kanyang matinding panlasa. Kung hindi Ko siya hahayaang gawin ito, hindi ito katanggap-tanggap sa kanya; sinasabi pa niya: “Napakahirap mong pasiyahin. Masarap ito! Lahat ay kumakain nito, pero bakit ayaw mo? Hindi ba’t niluluto ko ito para sa iyo? Ang pagkain ng mas marami ay mabuti para sa iyong kalusugan, nagbibigay ito ng lakas sa iyo. Kung malusog ka, hindi ba’t makakapangaral ka ng mas maraming sermon? Inaalala ko ang kapakanan mo at ng mga kapatid sa iglesia.” Hindi ba’t lubhang nakagugulo ang taong ito? May matindi siyang pagnanais sa lahat ng bagay, may sarili siyang opinyon at ideya sa lahat ng bagay. Huwag nang sabihin pa kung taglay ba niya ang katotohanan o hindi, ni wala nga siya ng pinakabatayang pagkatao. Ito ba ay pagiging sinsero? (Hindi.) Sa simula, nang tinanong Ako ng taong ito, parang disente naman siya, parang makakapagluto naman siya nang mahusay. Ngunit nang inihain na ang pagkain, alam Ko na—maganda ang kanyang pagsasalita, parang mabuti siya sa Akin, pero sa katunayan, siya ay makasarili at kasuklam-suklam.

May isang tao na ganito na madalas Kong makita; siya ay likas na mapagkalkula at mabilis mag-isip. Kapag nakikipag-ugnayan siya sa Akin, sa sandaling inumin Ko ang gamot Ko, mag-aabot na siya ng tubig; kapag paalis na Ako, kinukuha na niya ang bag Ko, at kapag nakikita niyang malamig sa labas, nag-aabot din siya ng balabal at guwantes. Iniisip Ko: Mabilis siya, pero bakit parang nakakaasiwa? Papasok man ako o lalabas, nagsusuot ng damit, sapatos, o sombrero, palaging may mas nauuna sa Akin. Ano sa palagay ninyo ang nararamdaman Ko? Dapat ba Akong matuwa o mainis? (Mainis.) Maiinis ba kayo sa ganitong klaseng ugali? (Oo.) Kung lahat kayo ay maiinis, sa palagay ba ninyo ay maiinis din Ako? (Oo.) May ilang tao na pagkatapos gawin ang lahat ng ito para sa Akin, ang nasisiyahan sa sarili at nagmamalaki, sinasabi nila: “Noong nagtatrabaho ako, gusto ako ng amo ko. Kahit saan ako pumunta, gusto ako ng mga tao dahil mabilis akong mag-isip.” Ang ipinahihiwatig ay na marunong silang magpalapad ng papel, sumipsip, at mambola; hindi sila manhid, mabagal, o hangal; mabilis silang kumilos at matalas mag-isip, kaya nagugustuhan sila saan man sila magpunta. Sinasabi nila na gusto sila ng lahat, ibig sabihin ay dapat Ko rin silang magustuhan. Gusto Ko ba sila? Inis na inis Ako sa kanila! Iniiwasan Ko ang mga gayong tao sa tuwing nakikita Ko sila. May iba pa na, dahil nakikita nila kung paanong ang mga bodyguard at sipsip na tauhan ng mga amo ng kriminal at ng mga punong demonyo ay binubuksan ang pinto ng kotse at pinoprotektahan ang ulo ng kanilang mga amo sa mundo, ginagawa rin nila ito para sa Akin. Bago pa Ako makasakay sa kotse, binubuksan na nila ang pinto, pagkatapos ay pinoprotektahan ang Aking ulo gamit ang kanilang kamay, tinatrato Akong katulad ng kung paano tinatrato ng mga walang pananampalataya ang isang namumunong kadre. Nasusuklam Ako sa mga gayong tao. Ang mga taong ito, na hindi naghahangad sa katotohanan kahit kaunti, ay may pagkatao na makasarili, kasuklam-suklam, at marumi, at wala silang anumang pakiramdam ng pagkahiya. Kapag nakikipag-ugnayan ka sa iba, sumisipsip at nambobola sa mga may katayuan at kasikatan, at walang tigil sa pagpapalapad ng papel, kahit ang ilang matuwid na tao ay nasusuklam dito at minamaliit nila ang gayong uri ng mga tao. Kung gagawin mo ito sa Akin, lalo Akong masusuklam. Huwag na huwag mong gagawin ito sa Akin; hindi Ko ito kailangan, kinasusuklaman Ko ito. Ang kailangan Ko ay hindi ang iyong paninipsip, pambobola, o pagpapalapad ng papel. Kailangan Ko na maging sinsero ka sa Akin, na magsalita nang mula sa puso kapag tayo ay nagkikita, na talakayin mo ang iyong pag-unawa, mga karanasan, at kakulangan, na talakayin ang katiwalian na iyong ibinubunyag sa proseso ng paggawa sa iyong tungkulin, at mga bagay na nararamdaman mong wala sa iyo sa iyong mga karanasan. Puwede kang maghanap at makipagbahaginan tungkol sa lahat ng bagay na ito, at puwede mo ring tuklasin ang mga ito. Anuman ang paksang ating pagbahaginan o pag-usapan, kailangan mong maging sinsero, at magkaroon ng ganitong puso at saloobin. Huwag mong isipin na sa pamamagitan ng paninipsip, pagpapalapad ng papel, pambobola, o pagpapakitang-tao ay makapag-iiwan ka ng magandang impresyon—ganap na wala itong silbi. Sa kabaligtaran, ang gayong ugali ay hindi lamang walang

maidudulot na pakinabang kundi maaari ding magdulot ng malaking kahihyan sa iyo at maglantad ng iyong kahangalan.

Ang mga taong hindi man lang kayang maging sinsero kay Cristo, anong uri ng mga tao sila? Kung sinsero ka sa pagtrato mo sa iba, natatakot kang malaman nila ang iyong tunay na kalagayan at sasaktan ka nila, natatakot ka na puwede kang lokohin, pagsamantalahan, tuyain, o hamakin ng iba. Gayumpaman, ano ang kinatatakutan mo sa pagiging sinsero kay Cristo? Kung may mga ganitong pangamba sa iyong puso, problema iyan. Kung hindi mo kayang maging sinsero, problema mo rin iyon; ito ay isang bahagi kung saan dapat mong hangarin ang katotohanan at dapat kang magsikap para sa pagbabago. Kung talagang naniniwala ka at kinikilala mo na ang taong nasa harap mo ay ang Diyos na iyong pinaniniwalaan, ang Diyos na iyong sinusunod, kung gayon ay hindi ka dapat makipag-ugnayan sa Kanya sa pamamagitan ng paninipsip, pambobola, at pagsasalita ng mga salitang masarap pakinggan. Sa halip, maging sinsero, magsalita mula sa puso at magsabi ng mga salitang batay sa katunayan. Huwag magsabi ng mga bagay na naglalayong magpanggap, o magsabi ng mga kasinungalingan o mga salitang may pagtatago, o makisangkot sa panlalansi o pagpapakana. Ito ang pinakamainam na paraan upang makipag-ugnayan kay Cristo. Kaya ba ninyong makamit ito? Alin ang positibo: ang pagiging sinsero, o ang paninipsip at pambobola? (Ang pagiging sinsero.) Ang pagiging sinsero ay positibo, habang ang paninipsip at pambobola ay negatibo. Kung ang mga tao ay hindi kayang makamit ang positibong bagay na pagiging sinsero, nagpapahiwatig ito ng problema sa kanila, ng isang tiwaling disposisyon. Labis-labis ba ang hinihingi Kong ito? Kung iniisip ninyo na ito ay labis-labis, kung iniisip ninyo na hindi Ako karapat-dapat sa gayong pakikitungo, na hindi karapat-dapat para sa inyo na makipag-ugnayan sa Akin sa gayong sinserong paraan at nang may gayong sinserong saloobin, mayroon ba kayong mas magandang pamamaraan, mas magandang diskarte? (Wala.) Kung gayon, isagawa ninyo ang pamamaraang ito. Tapusin na natin ang ating pagbabahaginan sa aytem na ito sa puntong ito.

B. Pagsisiyasat at Pagsusuri, at Pati Kuryosidad

Susunod ay dumako tayo sa pangalawang aytem—ang pagsisiyasat at pagsusuri, at pati kuryosidad. Madali bang maunawaan ang aytem na ito? Kaugnay sa mga kilos at salita ng Diyos na nagkatawang-tao, pati na rin sa personalidad o disposisyon na nabunyag sa bawat salita at gawa Niya, o kahit sa Kanyang mga kagustuhan, dapat ituring ng mga normal na tao ang mga ito nang tama. Itinuturing ng mga tunay na sumusunod sa Diyos at naghahangad sa katotohanan ang mga panlabas na pagpapahayag na ito ni Cristo bilang ang normal na parte ng Kanyang laman. Kaugnay sa mga salitang sinasabi ni Cristo, kaya nilang pakinggan at arukin ang mga ito nang may saloobin na itinuturing ang mga ito bilang ang katotohanan, mula sa mga salitang ito ay nauunawaan nila ang mga layunin ng Diyos, nauunawaan ang mga prinsipyo ng pagsasagawa, at nakakahanap ng landas ng pagsasagawa upang makapasok sa katotohanang realidad. Ngunit iba ang

ikinikilos ng mga anticristo. Kapag inoobserbahan nila si Cristo na nagsasalita at kumikilos, ang nilalaman ng kanilang mga puso ay hindi pagtanggap o pagpapasakop, kundi pagsisiyasat: “Saan nanggagaling ang mga salitang ito? Paano sinasabi ang mga ito? Paise-isa itong sinasabi—pinag-isipan ba ito o bunga ng inspirasyon ng banal na espiritu? Ang mga salitang ito ba ay natutunan o inihanda nang maaga? Bakit hindi ko alam? Ang ilan sa mga salitang ito ay pangkaraniwan, simpleng pananalita lamang. Parang hindi ito ang diyos; ang diyos ba ay talagang nagsasalita nang napakanormal, nang napakakaraniwan? Hindi ko ito malaman sa pamamagitan ng pagsisiyasat, kaya oobserbahan ko ang kanyang mga ginagawa kapag walang masyadong nakakakita. Nagbabasa ba siya ng mga diyaryo? Nakabasa na ba siya ng mga kilalang libro? Nag-aaral ba siya ng gramatika? Anong mga uri ng mga tao ang karaniwan niyang nakakasalamuha?” Wala silang saloobin ng pagpapasakop o pagtanggap sa katotohanan, kundi sinisiyasat nila si Cristo nang may saloobin ng isang iskolar na nagsasagawa ng siyentipikong pananaliksik o nag-aaral ng mga akademikong paksa. Sinisiyasat nila ang nilalaman ng mga salita ni Cristo at ang Kanyang paraan ng pagsasalita, ang mga tagapakinig na kinakausap ni Cristo, gayundin ang saloobin at pakay ni Cristo sa bawat pagkakataon na Siya ay nagsasalita. Sa tuwing nagsasalita o kumikilos si Cristo, ang lahat ng naririnig ng kanilang tainga, ang lahat ng nakikita nila, at ang lahat ng naririnig nila tungkol dito ay nagiging pakay ng kanilang pagsisiyasat. Sinisiyasat nila ang bawat salita at pangungusap na sinasabi ni Cristo, bawat kilos Niya, bawat indibidwal na Kanyang pinangangasiwaan, ang Kanyang paraan ng pakikitungo sa mga tao, ang Kanyang pananalita at tindig, tingin at ekspresyon ng mukha, maging ang Kanyang mga gawi at kagawian sa pamumuhay, at ang Kanyang paraan ng pakikipag-ugnayan at mga saloobin sa iba—sinisiyasat nila ang lahat ng ito. Sa pamamagitan ng pagsisiyasat na ito, ang mga anticristo ay nakakabuo ng kongklusyon: Paano ko man tingnan si Cristo, tila siya ay may normal na pagkatao; siya ay ordinaryo talaga, walang partikular na espesyal sa kanya maliban sa kakayahan na magpahayag ng katotohanan. Ito ba talaga ang diyos na nagkatawang-tao? Kahit gaano pa sila magsiyasat, hindi sila makabuo ng isang tiyak na kongklusyon; kahit gaano pa sila magsiyasat, hindi nila matiyak kung si Cristo nga ang diyos na kanilang kinikilala sa puso nila. Sila ang mga nagsisiyasat kay Cristo, hindi ang mga nakakaranas ng gawain ng Diyos—paano nila makakamtan ang kaalaman tungkol sa Diyos?

Sa pagsisiyasat ng mga anticristo kay Cristo, hindi nila magawang makita ang kadakilaan ng Diyos, ang katuwiran, ang pagkamakapangyarihan-sa-lahat, at ang pagiging may awtoridad ng Diyos. Kahit gaano pa sila magsiyasat, hindi nila mabuo ang kongklusyon na si Cristo ay nagtataglay ng diwa ng Diyos; hindi nila ito magawang makilatis at maunawaan. Sinasabi ng ilang tao: “Kung saan hindi ka makakilatis o makaunawa, may katotohanan doon na dapat hanapin.” Na sasagutin naman ng isang anticristo: “Wala akong nakikitang katotohanan na dapat hanapin dito; may mga kadudang detalye lang na dapat lubos na siyasatin.” Pagkatapos ng kanilang pagsisiyasat

at pagsusuri, ang kanilang kongklusyon ay: Ang Cristong ito ay nakapagsasalita lang ng ilang salita at, bukod doon, wala Siyang ipinagkaiba sa mga ordinaryong tao. Wala Siyang mga espesyal na kaloob, walang mga natatanging abilidad, at wala ring taglay na mga sobrenatural na kapangyarihan para gumawa ng mga tanda at kababalaghan tulad ng ginawa ni Jesus. Ang lahat ng sinasabi Niya ay mga salita ng isang mortal. Kaya, Siya ba talaga si Cristo? Ang resultang ito ay nangangailangan pa ng higit pang pagsusuri at pagsisiyasat. Paano man sila tumingin, hindi nila nakikita ang diwa ng Diyos kay Cristo; kahit gaano pa sila magsiyasat, hindi nila mabuo ang kongklusyon na si Cristo ay may pagkakakilanlan ng Diyos. Sa mga mata ng isang anticristo, ang laman kung saan nagkatawang-tao ang diyos ay dapat magtaglay ng mga extraordinaryong kapangyarihan, mga espesyal na kaloob, ng abilidad na makapagpakita ng mga himala, at ng diwa at kakayahang ipamalas at isagawa ang awtoridad ng diyos. Gayumpaman, wala ang lahat ng katangiang ito sa ordinaryong taong ito na nasa harap nila, at ang Kanyang pananalita ay hindi masyadong magaling; kahit na sa paglalarawan ng maraming bagay, gumagamit Siya ng kolokyal na wika na hindi angkop sa mga kuru-kuro ng tao, hindi man lang umaabot sa antas ng isang propesor sa unibersidad. Kahit paano pa siyasatin ng mga anticristo ang pananalita ni Cristo, kahit paano pa nila siyasatin ang mga kilos ni Cristo, gayundin ang Kanyang saloobin at paraan ng paggawa sa mga bagay, hindi nila makita na si Cristo—ang ordinaryong taong ito—ay nagtataglay ng diwa ng Diyos. Kaya, sa puso ng mga anticristo, pinakakarapat-dapat sundan ang ordinaryong taong ito dahil sa maraming bagay, salita, at penomena na hindi nila makilatis—ito ang karapat-dapat sa kanilang pagsisiyasat at pagsusuri, ito ang kanilang pinakamalaking motibasyon sa pagsunod sa taong ito. Anong nilalaman at mga paksa ang karapat-dapat sa kanilang pagsisiyasat at pagsusuri? Ito ay ang mga salitang tungkol sa buhay pagpasok na sinabi ni Cristo; hindi talaga kayang sabihin ng mga ordinaryong tao ang mga gayong bagay, talagang wala sila ng mga ito, at ang mga gayong salita ay talagang hindi nakikita sa ikalawang tao sa sangkatauhan—hindi alam kung saan nanggagaling ang mga ito. Paulit-ulit na nagsisiyasat ang mga anticristo, ngunit hindi sila kailanman makabuo ng kongklusyon tungkol dito. Halimbawa, kapag nagsasalita Ako tungkol sa kung kumusta ang isang tao, kung ano ang kanyang diwa at disposisyon, metikulosong itutugma ng mga ordinaryong tao ang mga detalyeng ito sa aktuwal na tao at beberipikahin ang naturang usapin. Kapag naririnig ng mga anticristo ang mga salitang ito, hindi nila pinanghahawakan ang saloobin ng pagtanggap upang itugma at maunawaan ang naturang usapin, kundi upang magsuri. Ano ang sinusuri nila? “Paano mo nalalaman ang tungkol sa sitwasyon ng taong ito? Paano mo nalaman na mayroon siyang gayong disposisyon? Ano ang batayan mo sa paglalarawan nito? Hindi mo pa siya masyadong nakakaugnayan, kaya paano mo siya nauunawaan? Matagal na kaming nakikipag-ugnayan sa kanya, bakit hindi namin siya makilatis o maunawaan? Kailangan kong mag-oberba at hindi basta maniwala sa sinabi mo. Baka hindi tumpak o hindi tama ang sinasabi mo.” Sa loob ng panahon ng pakikisalamuha ng ilang tao sa Akin, maaaring

gabayan Ko sila sa isang partikular na trabaho o propesyon. Kung ang paraan at diskarte ng paggabay na ito ay umaayon sa taglay nilang teknikal na kaalaman at nasisiyahan sila, atubili nilang gagawin ito. Pero kung hindi sila nasisiyahan, tututol sila sa kanilang puso at mag-iisip, “Bakit mo ginagawa ito sa ganitong paraan? Hindi ba’t salungat ito sa larangang ito? Bakit ako dapat makinig sa iyo? Kung mali ang sinasabi mo, hindi ako puwedeng makinig sa iyo; kailangan kong sundin ang sarili kong paraan. Kung tama ka, kailangan kong maunawaan kung paano ka naging tama, kung paano mo ito nalaman. Pinag-aralan mo ba ito? Kung hindi mo pinag-aralan, paano mo naman ito nalaman? Kung hindi mo ito pinag-aralan, hindi mo dapat ito nauunawaan; kung nauunawaan mo ito, hindi iyon normal. Paano mo ito nauunawaan? Sino ang nagsabi sa iyo, o pinag-aralan mo ba ito nang lihim at nang mag-isa?” Sa loob-loob nila, sila ay nagsusuri at nagsisiyasat. Ang bawat pangungusap na sinasabi Ko, bawat usapin na pinangangasiwaan Ko, ay dapat salain ng mga anticristo, dapat sumailalim sa kanilang pag-audit. Kung ito ay pumasa sa kanilang pag-audit, saka lang nila ito tatanggapin; kung hindi, sila ay mamumuna, manghuhusga, at lalaban.

Ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos ang pinakamalaking hiwaga sa lahat ng tao. Walang sinuman ang makaarok sa kung ano ang tunay na nangyayari tungkol dito, ni walang makaunawa kung paano nagiging totoo ang diwa ng Diyos sa laman na ito—kung paano naging tao ang Diyos, kung paano nasasalita ng taong ito ang mga salita mula sa bibig ng Diyos at nagagampanan ang gawain ng Diyos, at kung paano mismo ginagabayan at pinapatnubayan ng Espiritu ng Diyos ang taong ito. Sa lahat ng gawaing ito, walang nakitang mga dakilang pangitain o naobserbahang anumang mga makabuluhang galaw ang mga tao mula sa laman na ito—tila walang espesyal na nangyayari; lahat ay tila normal. Dinala ng Diyos sa Silangan ang kaluwalhatiang nasa Israel nang hindi namamalayan. Sa pamamagitan ng pagsasalita at paggawa ng taong ito, nagsimula na ang isang bagong kapanahunan, at natapos na ang luma, nang hindi namamalayan ng sinuman kung paano ito nangyari. Gayumpaman, ang mga tunay na nananampalataya sa Diyos, na simple at bukas-puso, na nagtataglay ng pagkatao at katwiran, ay hindi nagsisiyasat sa mga bagay na ito. Kung hindi sila nagsisiyasat, ano ang ginagawa nila? Pasibo na lang na naghihintay? Hindi—nakikita nila na ang mga salitang ito ay ang katotohanan, naniniwala sila na ang pinagmulan ng lahat ng salitang ito ay ang Diyos, kaya kinikilala nila ang katunayan na ang ordinaryong taong ito ay si Cristo, tinatanggap nila Siya bilang kanilang Panginoon at Diyos, nang hindi na isinasaalang-alang ang iba pang bagay. Ang mga anticristo, sa kabilang banda, ay hindi makita na ang lahat ng salitang ito at ang lahat ng gawaing ito ay mula sa Diyos, na ang pinagmulan ng lahat ng pagsasalita at paggawa na ito ay ang Diyos, kaya hindi nila tinatanggap ang ordinaryong taong ito bilang kanilang Panginoon at Diyos. Sa halip, pinapatindi nila ang kanilang pagsisiyasat at sa kanilang puso ay lumalaban sila. Ano ang nilalabanan nila? “Kahit gaano ka pa magsalita, kahit gaano pa kadakila ang gawaing iyong ginagawa, kahit sino pa ang iyong pinagmulan, hangga’t ikaw ay isang ordinaryong tao, hangga’t

ang iyong paraan ng pagsasalita ay hindi naaayon sa aking mga kuru-kuro, hangga't ang iyong hitsura ay hindi gaanong engrande upang makuha ang aking pansin o paggalang, sisiyasatin at susuriin kita. Ikaw ang pakay ng aking pagsisiyasat; hindi kita tinatanggap bilang aking panginoon, bilang aking diyos." Sa proseso ng kanilang pagsisiyasat at pagsusuri, hindi lamang nabibigo ang mga anticristo na malutas ang kanilang mga kuru-kuro, pagiging mapaghimagsik, at mga tiwaling disposisyon, kundi araw-araw na tumitindi pa ang kanilang mga kuru-kuro at nagiging mas malubha. Halimbawa, kapag ang isang lider ng iglesia ay nabunyag bilang isang anticristo, na nagdudulot ng kaguluhan at pagkawasak sa iglesiang iyon, ang unang reaksiyon ng mga anticristo, kapag nangyari ang gayong kaganapan, ay ang magtanong na: "Alam ba ito ni cristo? Sino ang nagtalaga sa lider na ito ng iglesia? Ano ang reaksiyon ni cristo rito? Paano niya ito pinangangasiwaan? Kilala ba ni cristo ang taong ito? Nasabi na ba ni cristo noon na ang taong ito ay isang anticristo, o ipinropesiya ba niya ang pangyayaring ito? Ngayon na may gayon kalaking isyu na lumitaw sa iglesiang ito, si cristo ba ang unang nakaalam?" Sinasabi Ko na hindi Ko alam, ngayon Ko lang din ito nalaman. "Hindi tama iyan—ikaw ang diyos, ikaw si cristo; bakit hindi mo alam? Dapat alam mo." Dahil nga Ako si Cristo, na isang ordinaryong tao, kaya hindi Ko kinakailangang malaman iyon. Ang iglesia ay mayroong mga atas administratibo at mga prinsipyo para sa pangangasiwa sa mga tao. Kapag nagpapakita ang mga anticristo, maaari silang paalisin at palayasin ayon sa mga prinsipyo ng iglesia. Ipinapakita nito na ang Diyos ang may hawak ng kapangyarihan, ipinapakita nito na ang katotohanan ang may hawak ng kapangyarihan. Hindi Ko kailangang malaman ang lahat. Kung mabibigo ang iglesia na pangasiwaan ang mga bagay ayon sa mga atas administratibo at mga prinsipyo nito para sa pangangasiwa sa mga tao, saka Ako makikialam. Gayumpaman, kung nauunawaan ng mga kapatid ang mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos sa pag-aalis at pagpapatalsik sa mga tao, hindi Ko na kailangang makialam. Kung saan ang katotohanan ang may hawak ng kapangyarihan, hindi Ko na kailangang makialam. Hindi ba't napakanormal nito? (Oo.) Pero kaya ng mga anticristong gumawa ng mga isyu at bumuo ng mga kuru-kuro sa usaping ito, puwede pa nga nilang gamitin ang mga kuru-kurong ito para itatwa si Cristo at kondenahin ang katunayan na si Cristo ay nagtataglay ng diwa ng Diyos. Sadyang ito ang ginagawa ng mga anticristo. Dahil ang isang bagay ay hindi tumutugma sa kanilang mga kuru-kuro, imahinasyon, o mga inaasahan, kaya nilang itatwa ang diwa ni Cristo. Ang kanilang pagsisiyasat sa bawat aspekto ni Cristo ay humahantong sa kongklusyong ito: Hindi nila nakikita ang diwa ng Diyos kay Cristo; kaya, hindi nila kayang tukuyin ang taong ito bilang nagtataglay ng diwa at pagkakakilanlan ng Diyos. Ito ay humahantong sa isang sitwasyon na, kapag walang nangyayari, ayos lang, pero sa sandaling may mangyari, unang-unang lumalabas ang mga anticristo at itinatatwa ang pagkakakilanlan ni Cristo at kinokondena si Cristo. Kaya, ano nga ba ang layon ng pagsisiyasat ng mga anticristo? Ang kanilang pagsisiyasat at pagsusuri ay hindi para mas maunawaan ang katotohanan kundi para makahanap ng ebidensiya at makakuha ng bentaha, upang

itatwa ang katunayan ng pagkakatawang-tao ng Diyos sa laman, para itatwa ang katunayan na ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos ay si Cristo, ay ang Diyos. Ito ang motibo at layon sa likod ng pagsisiyasat at pagsusuri ng mga anticristo kay Cristo.

Habang sumusunod ang mga anticristo kay Cristo at nagpapanggap na mga tagasunod, may dala silang saloobin ng pagsisiyasat at pagsusuri, at sa huli ay nabibigo silang maunawaan ang katotohanan o matukoy ang katunayan na si Cristo ay ang Panginoon, ang Diyos. Pero bakit pa rin sila sumusunod nang may pag-aatubili, nang masyadong labag sa loob nila, at nananatili sa loob ng sambahayan ng Diyos? Ang isang punto na tinalakay na natin dati ay iyong kinikimkim nila ang layunin na tumanggap ng mga pagpapala; ambisyoso sila. Ang isa pang punto ay iyong ang mga anticristo ay nagtataglay ng kuryosidad na wala sa mga ordinaryong tao. Anong klaseng kuryosidad? Ito ay ang kanilang pagkahumaling sa mga kakaiba at hindi pangkaraniwang pangyayari. Ang mga anticristo ay labis na mausisa tungkol sa lahat ng kakaiba at hindi pangkaraniwang pangyayari, sa lahat ng kaganapang lampas na sa mga batas ng kalikasan, sa mundo. Mayroon silang pagnanais na usisain ang maraming bagay at arukin ang mga ito. Ano ang diwa ng pagsisiyasat na ito? Ito ay pawang pagmamataas, ninanais na maunawaan ang lahat, na malaman ang katotohanan sa likod ng lahat ng bagay, kung hindi ay baka magmukha silang walang kakayahan. Anuman ang usapin, gusto nilang sila ang unang makaalam, maging ang pinakamaraming alam at pinakanakakaalam ng mga pasikot-sikot ng usaping ito—gusto nilang maging ang “pinaka” sa lahat ng aspekto. Kaya, hindi rin nila pinalalampas o pinalalagpas ang usapin ng pagkakatawang-tao ng Diyos sa laman. Sinasabi nila, “Ang pagkakatawang-tao ng diyos ay ang pinakamalaking hiwaga sa mundo ng tao. Ano ba talaga ang nangyayari sa pinakamalaking hiwagang ito, sa pinakakamangha-manghang bagay na ito? Dahil ito ay lampas sa mga ordinaryong inaasahan at ang laman na ito ay iba sa mga ordinaryong tao, nasaan ang pagkakaiba? Kailangan ko mismong makita at maunawaan ito.” Ano ang ibig nilang sabihin kapag sinasabi nilang “makita at maunawaan nila ito mismo”? Ibig sabihin nila, “Nakapaglakbay na ako sa iba’t ibang bansa sa mundo, nabisita ko na ang mga kilalang bundok at makasaysayang lugar, at nakapanayam na ang mga sikat at matalinong tao; lahat sila ay karaniwang tao lamang. Ang tanging hindi ko pa nakikilala o napag-aaralan ay ang cristong ito. Ano mismo ang diwa ng cristong ito? Kailangan ko mismong makita at maunawaan ito.” Ano ba mismo ang gusto nilang makita at maunawaan? “Nabalitaan ko na ang diyos ay nakakagawa ng mga tanda at kababalaghan. Sinasabi nila na si Jesus ang panginoon, ang cristo; anong mga tanda at kababalaghan ang ginawa niya para matugunan ang kuryosidad ng mga tao? Naaalala ko ang isang insidente kung saan, pagkatapos isumpa ng panginoong Jesus ang isang puno ng igos, nalanta ito. Magagawa ba ito ngayon ng cristong ito? Kailangan kong makita at maunawaan, at kung magkaroon ako ng pagkakataon, susubukin ko siya upang makita ko kung kaya niyang gawin ang mga gayong gawa. Sinasabing ang diyos na nagkatawang-tao ay may awtoridad ng diyos, na siya ay nagbibigay-kakayahan sa mga paralisado na makalakad, sa mga bulag

na makakita, sa mga bingi na makarinig, at sa mga may sakit na gumaling. Ang mga ito ay mga milagroso at bagong pangyayari; sa mundo ng tao, ang mga ito ay itinuturing na pambihirang kakayahan na wala sa mga ordinaryong tao. Ito ay isang bagay na kailangan ko mismong makita.” Bukod dito, may isa pang napakahalagang usapin na umookupa sa kanilang isipan. Sinasabi nila: “Ano ba talaga ang nangyayari sa mga nakaraan at kasalukuyang buhay, at sa siklo ng reengkarnasyon sa mundong ito? Hindi ito maipaliwanag nang malinaw ng mga ordinaryong tao. Dahil ang diyos ay naging tao at ang diyos ang namamahala sa lahat, alam ba ito ni cristo? Kapag may pagkakataon, kailangan ko siyang tanungin at mag-usisa tungkol sa bagay na ito; ipapasuri ko sa kanya ang aking hitsura upang malaman niya kung maganda ang aking tadhana, kung ano ako sa nakaraang buhay ko, kung ako ba ay isang hayop o isang tao. Kung alam niya ang mga bagay na ito, talagang mabibilib ako; magiging pambihira siya kung magkagayon, higit sa mga ordinaryong tao, at posibleng si cristo. Gayundin, sinasabi nila na may trono at tirahan ang diyos sa langit, kung gayon alam ba ng nagkatawang-taong diyos na ito kung saan naroroon ang tirahan ng diyos at ang kaharian ng langit? Sinasabi na ang kaharian ng langit ay may mga lansangan na pinapalamutian ng ginto, maningning at maganda; kung isasama tayo ng nagkatawang-taong diyos na ito sa isang paglalakbay, hindi ba’t magiging sulit ang buong buhay natin, hindi masasayang ang ating pananalig? Bukod dito, hindi na natin kailangang magsaka; kapag nagugutom tayo, puwedeng gawing pagkain ni cristo ang mga bato sa isang pangungusap lang. Napakain niya ang limang libong tao nang may limang tinapay at dalawang isda lamang; hindi ba’t magiging malaking pakinabang iyon para sa atin? At paano naman kapag nagsasalita si cristo? Sinasabi nilang siya ay nagbibigay ng tubig na nagbibigay-buhay, ngunit nasaan ang tubig na nagbibigay-buhay na ito? Paano ito naitutustos, paano ito dumadaloy? Lahat ng ito ay mga usapin na karapat-dapat siyasatin, ang bawat isang usaping ito ay talagang bago. Kung masasaksihan ng mga sariling mata ko ang kahit isa sa mga ito, ako ay magiging isang tao na may malawak na kaalaman at karanasan sa buhay na ito, hindi isang ordinaryong tao.” Hindi ba’t masyado na silang naiimpluwensiyahan ng kuryosidad na ito? (Oo.)

Ang ilang tao ay nananampalataya sa Diyos, para tanggapin si Cristo, at para sumunod kay Cristo, hindi upang makamit ang katotohanan, kundi may ibang mga ideya sila. Ang ilang tao, sa sandaling makatagpo Ako, ay nagtatanong, “Ano ang ibig sabihin ng pitong salot at pitong mangkok sa Pahayag? Ano ang sinisimbolo ng puting kabayo? Dumating na ba ang tatlo’t kalahating taon ng kalamidad?” Sumasagot Ako, “Ano ang mga itinatanong mo? Ano ang Pahayag?” Sumasagot sila nang pabalang, “Ni hindi mo alam ang Pahayag? Sinasabi nilang ikaw ang diyos, pero hindi ako gaanong sigurado!” Ang iba naman ay nagtatanong, “Sa proseso ng pangangaral sa ebanghelyo, nakakatagpo kami ng mga taong nagtatanong tungkol sa mga mahiwagang bagay. Ano ang dapat naming gawin?” Hindi Ko na sila pinapatapos at sinasabi Ko, “Ang sinumang laging nagtatanong tungkol sa mga hiwaga imbes na hanapin ang katotohanan ay hindi

isang taong tumatanggap ng katotohanan; hindi sila maliligtas sa hinaharap. Ang mga laging naghahanap ng mga hiwaga ay walang kuwenta; huwag ninyong ipangaral ang ebanghelyo sa mga gayong tao.” Bakit Ko ito sinasabi? Sino ba ang nagtatanong ng mga katanungang ito? Hindi ito ibang tao; sila mismo ang nagtatanong. Gusto nilang itanong ang mga tanong na ito at malaman ang mga sagot sa mga ito, at inaakala nilang hindi Ko alam kung sino ang nagtatanong, na para bang hindi Ko sila nakikilatis! Pagkatapos Kong sabihin ito, naririnig nila ito at iniisip nila, “Sinabi ng diyos na wala akong kuwenta, kaya hindi na ako magtatanong.” Kumusta ang pamamaraan Ko? Hindi ba’t epektibo nitong napatahimik sila? Kung sinagot Ko sila, hindi ba’t nahulog lang Ako sa kanilang pakana? Kapag napagbigyan sila nang kaunti, gusto nila ng mas marami, nagtatanong sila nang walang katapusan. May obligasyon ba Akong ipaliwanag ang mga bagay na ito sa kanila? Ano ba ang magagawa mo sa kaalamang ito? Kahit na alam Ko, hindi Ko sasabihin sa iyo. Bakit Ko sasabihin sa iyo? Ako ba ay isang tagapagpaliwanag ng mga kasulatan? Pumarito ka ba para sa pag-aaral ng teolohiya? Pumarito ka para siyasatin Ako, at dapat Ko bang buksan na lang ang Aking puso para sa iyong pagsisiyasat? Angkop ba iyon? Pumarito ka para subukin Ako, at dapat Ko bang pahintulutan kang subukin Ako? Angkop ba iyon? Hindi ka narito para tanggapin ang katotohanan; pumarito ka nang nagtatanong na may saloobin ng pagkamapanlaban, pagdududa, at pag-uusisa. Hindi Ko ibibigay sa iyo ang mga sagot. Sinasabi ng ilang tao, “Hindi ba’t kailangang sagutin ang anumang tanong?” Depende iyan sa usapin. Pagdating sa katotohanan at gawain ng iglesia, kailangan Ko pa ring isaalang-alang ang sitwasyon. Kung nasabi Ko na sa iyo dati at nagpapanggap ka pa rin na hindi mo alam, nagpapanggap na mapagpakumbabang nagtatanong, hindi kita sasagutin. Pupungusan kita, at pagkatapos niyon, mauunawaan mo. Mula sa perspektiba ng kung paano sinisiyasat at sinusuri ng mga anticristo si Cristo, at ang kanilang kuryosidad tungkol sa diwa ni Cristo at ng Diyos, ano ba mismo ang sinisiyasat ng mga anticristo? Sinisiyasat nila ang katotohanan. Itinuturing nila ang lahat ng ginagawa ng Diyos bilang mga pakay ng kanilang pagsisiyasat at pagsusuri, ginagamit ito bilang pampalipas oras. Sinusunod nila ang Diyos na parang mga iskolar sila na nag-aaral ng isang partikular na larangan o isang partikular na kaalaman, katulad ng mga hindi mananampalatayang nag-aaral sa isang paaralang pangteolohiya. Makakatanggap ba ng kaliwanagan ng Diyos ang mga gayong tao? Makakatanggap ba sila ng liwanag? Mauunawaan ba nila ang katotohanan? (Hindi.)

Sa iglesia, may mga gampanin na hindi pa kailanman naranasan dati, at ang ilan ay kinasasangkutan ng propesyonal na gawain. Kapag ginagabayan Ko ang gayong gawain, may mga taong nakikinig nang taimtim at mapagpakumbaba, naaarok nila ang mga prinsipyong dapat sundin sa paggawa ng mga tungkuling ito, at ang katotohanang realidad na dapat isagawa at pasukin. Gayumpaman, may mga tao na pinipiga ang kanilang utak sa pagsisiyasat sa kanilang puso; iniisip nila, “Hindi mo napag-aralan ang mga larangang ito. Bukod pa rito, kaya mo ba talagang matutunan ang napakaraming

larangan? Sino ang nakakaunawa at nakakaalam ng lahat ng bagay? Sa anong batayan mo kami ginagabayan? Bakit kami dapat makinig sa iyo? Bagaman minsan ay may katuturan ang sinasabi mo kapag ginagabayan mo kami, paano mo nalalaman ito? Kung hindi ko pag-aaralan ang isang bagay, hindi ko ito malalaman. Kailangan kong magnilay, magsikap na matuto pa, makakita pa, makarinig pa, at subukang makarating sa punto na hindi ko na kailangan ang iyong paggabay at magagawa ko na ito nang mag-isa. Mukhang natututo ka rin habang ginagawa mo ang mga bagay-bagay, unti-unting nagiging bihasa rito.” Tinitingnan lang nila ang mga panlabas na anyo, hindi nila nakikita na, sa isang banda, anuman ang sinasabi o ginagawa ng taong ito, may mga prinsipyo— anumang gawain ang ginagabayan, ito ay ginagawa ayon sa prinsipyo, at ang prinsipyong ito ay may kaugnayan sa aktuwal na pangangailangan ng mga tao at ang ninanais na resulta ng aktuwal na gawain. Sa kabilang banda, at ang pinakaimportante, ang taong ito ay hindi nag-aral ng kahit ano; ang Kanyang kaalaman, pag-aaral, kabatiran, at karanasan ay hindi kahanga-hanga. Pero may isang bagay na hindi dapat kalimutan ng mga tao: Masagana o kapansin-pansin man ang Kanyang kabatiran, kaalaman, karanasan, at kakayahan, ang pinagmulan na responsable sa paggampan sa kasalukuyang gawain ay hindi ang panlabas na laman na ito, kundi ang diwa ng laman na ito—ang Diyos Mismo. Samakatwid, kung manghuhusga ka batay sa hitsura ng laman na ito—sa Kanyang taas at hitsura, sa Kanyang tono, intonasyon, at paraan ng pagsasalita—hindi mo maipapaliwanag o maarok kung bakit Niya kayang isagawa ang mga gampaning ito at maging mahusay sa mga ito, hindi mo ito makikilatis. Ang hindi ba magawang kilatisin ito ay nangangahulugan na isa itong usapin na hindi kayang lutasin? Hindi, kaya itong lutasin. Hindi mo kailangang makilatis ito; kailangan mo lang malaman, tandaan, at kilalanin ang isang bagay: Si Cristo ay ang laman kung saan ang Diyos ay nagkatawang-tao. Ang mga prinsipyo, paninindigan, at saloobin ng mga tao patungkol kay Cristo ay hindi upang siyasatin, suriin, o tugunan ang kanilang kuryosidad, kundi upang kumilala, tumanggap, makinig, at magpasakop. Kung ikaw ay magsisiyasat at magsusuri, tutulutan ka ba nito sa huli na makita ang diwa ng Diyos? Hindi. Hindi pinahihintulutan ng Diyos ang sinuman na suriin o siyasatin Siya; habang ikaw ay mas nagsisiyasat at nagsusuri, mas lalo kang pagtataguan ng Diyos. Ano ang nararamdaman ng mga tao kapag nagtatago ang Diyos? Ang konsepto ng Diyos sa kanilang puso ay nagiging malabo, ang kanilang konsepto ng katotohanan ay nagiging hindi malinaw, at lahat ng bagay tungkol sa landas na dapat nilang sundan ay nagiging malabo. Para bang may pader na humaharang sa iyong paningin; hindi mo makita ang direksiyon sa harapan, lahat ay malabo. Nasaan ang Diyos? Sino ang Diyos? Talaga bang umiiral ang Diyos? Ang mga tanong na ito ay parang isang itim na pader na nasa iyong harapan, na siyang pagtatago ng Diyos ng Kanyang mukha mula sa iyo, upang hindi mo Siya makita. Lahat ng pangitain na ito ay nagiging malabo para sa iyo, nawawala ang mga ito, at napupuno ng kadiliman ang iyong puso. Kapag ang iyong puso ay madilim, mayroon ka pa bang landas sa iyong harapan? Alam mo pa ba kung ano ang gagawin? Hindi. Gaano man kalinaw ang iyong

orihinal na direksiyon at mga layon, kapag sinisiyasat at sinusuri mo ang Diyos, ang mga ito ay magiging malabo at madilim. Kapag ang mga tao ay nalulugmok sa gayong sitwasyon, sa gayong kalagayan, sila ay nasa panganib; ito ang nangyayari sa mga taong nakatuon sa pagsisiyasat sa Diyos. Ang mga anticristo ay palaging nasa gayong sitwasyon, nang may lubusang kadiliman sa harapan, hindi nila makilatis kung ano ang mga positibong bagay, ano ang katotohanan. Anuman ang gawin ng Diyos, hindi nila makumpirma na ito nga ang Diyos, na ito ang Diyos Mismo; paano man sila tumingin, nakikita lang nila ang pagkakatawang-tao bilang isang tao, dahil palagi silang nagsisiyasat at nagsusuri, kaya patuloy din silang binubulag ng Diyos. Nakikita mo na ang kanilang mga mata ay mulat na mulat, maliwanag at malaki, pero sila ay bulag pa rin. Kapag itinatago ng Diyos ang Kanyang mukha mula sa mga tao, para bang ang kanilang puso ay nagiging manhid, nalulugmok sa sobrang kadiliman. Nakikita lang nila ang mga mababaw na penomeno, na hindi makita ang landas sa loob, nabibigo na maunawaan ang katotohanan sa loob—ang mas malala pa, hindi nila makita ang diwa ng Diyos o ang Kanyang disposisyon.

Ang pagsasailalim sa pagsusuri at pagsisiyasat sa hitsura at gawain ng Diyos ay hindi magbubunga ng anumang resulta. Mahalaga na huwag malugmok sa kalagayan ng pagsusuri at pagsisiyasat; ito ay isang landas ng pagkanegatibo. Ano ang positibong landas kung gayon? Ito ay na dahil mariin kang naniniwala na ito ay gawain ng Diyos, na ang karaniwang taong ito ay ang laman kung saan ang Diyos ay nagkatawang-tao at may diwa ng Diyos, dapat kang tumanggap at magpasakop nang walang kondisyon. Pakiramdam ng mga tao, ang laman na ito ay maraming aspekto na hindi kanais-nais, maraming aspekto na taliwas sa mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao; iyon ay isang isyu sa mga tao. Ang Diyos ay gumagawa sa ganitong paraan, at ang kailangang magbago ay ang mga kuru-kuro ng mga tao, ang kanilang mga tiwaling disposisyon, at ang kanilang mga saloobin sa Diyos, hindi ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos. Kailangang hanapin ng mga tao ang katotohanan dito, hanapin ang mga layunin ng Diyos, at panghawakan ang kanilang tamang perspektiba at posisyon, sa halip na kilalanin Siya bilang Diyos ngunit nais pa rin Siyang siyasatin, o suriin at talakayin kung ano ang Kanyang ginagawa at sinasabi. Iyon ay magiging isang malaking problema. Kapag ang iyong posisyon at ang iyong anggulo sa pagtanggap ng katotohanan ay mali, ang kalalabasan ng kung paano mo tinitingnan ang lahat ng bagay ay magbabago, na makakaapekto sa landas at direksiyon ng iyong paghahangad. Sa anumang ginagawa o sinasabi ng Diyos, kung ito man ay naaayon sa mga kuru-kuro ng tao o hindi ay isang pansamantalang isyu lamang. Ang kontribusyon at halaga sa sangkatauhan ng lahat ng ginagawa ng Diyos, ang halaga na dulot nito sa buhay ng tao, ay walang hanggan. Hindi ito mababago ng sinumang tao, anumang disiplina sa akademya, anumang pahayag o argumento, o anumang nauuso. Ito ang halaga ng katotohanan. Maaaring sa kasalukuyan, ang mga salita at gawa ng karaniwang taong ito ay hindi makatutugon sa iyong kuryosidad o banidad, ni hindi nito lubos na makumbinsi o mahikayat ang iyong puso at

pananalita; gayumpaman, ang mga kontribusyon ng lahat ng salitang Kanyang sinasabi ngayon at lahat ng gawaing Kanyang ginagawa sa kapanahunang ito at sa yugtong ito para sa buong sangkatauhan, para sa buong kapanahunan, at para sa pangkalahatang plano ng pamamahala ng Diyos, ay hindi nababago magpakailanman—ito ay isang katunayan. Samakatwid, isang araw ay mapagtatanto mo: “Dalawampu o tatlumpung taon na ang nakalilipas, ako ay nagsiyasat, nagkamali ng pagkaunawa, lumaban, at hinusgahan at kinondena ko pa ang isang pahayag ng karaniwang taong ito. Pagkalipas ng dalawampu o tatlumpung taon, nang balikan ko ang pahayag na iyon, napuno ang puso ko ng pagkakautang at pagsisisi.” Ang mga tiwaling tao ay mababa at walang halaga sa harap ng Diyos, sila ay mga sanggol magpakailanman, hindi karapat-dapat na banggitin. Gaano man karaming gawain ang ginagawa ng isang tao, kumpara sa kontribusyon sa buong sangkatauhan ng bawat salitang sinabi ng Diyos sa anumang kapanahunan at sa ilalim ng anumang konteksto, ang pagkakaiba ay tulad ng sa pagitan ng langit at lupa! Kaya, kailangan mong maunawaan na ang Diyos ay hindi isang bagay na dapat siyasatin, suriin, at pagdudahan ng mga tao. Ang gawain ng Diyos at ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos ay hindi narito upang tugunan ang kuryosidad ng mga tao. Ginagawa Niya ang lahat ng gawaing ito hindi upang magpalipas ng oras o ng mga araw—ang Kanyang layunin ay ang iligtas ang mga tao ng isang kapanahunan, iligtas ang buong sangkatauhan, at ang mga resulta ng gawain na layon Niyang isakatuparan ay magtatagal magpakailanman. Tinatrato ng mga anticristo si Cristo bilang isang ordinaryong tao upang siyasatin at suriin Siya, upang matugunan ang kanilang kuryosidad. Ano ang kalikasan nito? Mauunawaan ba ito o mapapatawad? Sila ay mga makasalanang para sa lahat ng kapanahunan, isinumpa at hindi mapapatawad hanggang sa walang hanggan! Kung ang isang tao ay may pagkatao, kung nauunawaan niya ang katotohanan, at nagtataglay ng katotohanang realidad, kahit ang pagsisiyasat sa kanya ay lubos na nakasusuklam. Tinatrato si Cristo bilang isang ordinaryong tao at panloob Siyang sinisiyasat, tinatrato ang lahat ng Kanyang ginagawa nang may pagkamapanlaban at paninirang-puri, at hinahangad lamang na matugunan ang iyong kuryosidad sa mga salitang Kanyang sinasabi—kahit ang ilang tao, sa pagkakita sa Akin, ay nagsasabi, “Magbahagi Ka ng higit pang katotohanan, magbahagi Ka pa tungkol sa wika ng ikatlong langit, magsabi Ka pa ng mga bagay na hindi namin alam”—ano ang tingin nila sa taong ito? Isang tao na magpapawala ng kanilang pagkabagot? Paano inilalarawan ng Diyos ang bagay na ito? Hindi ba’t kalapastanganan ito sa Diyos? Kung ito ay patungkol sa mga tao, ito ay tinatawag na pangungutya at panunuya; kung ito ay patungkol sa Diyos, ito ay kalapastanganan.

Sa loob ng nilalaman ng pagpapamalas na ito—pagsisiyasat, pagsusuri, at kuryosidad—ang kalikasang diwa ng mga anticristo ay ibinubunyag ang sarili nito bilang kabuktutan, bilang pagiging tutol sa katotohanan. Binabalewala nila ang lahat ng positibong bagay; hinahamak nila ang mga ito at itinatrato nang may pagwawalang-bahalang saloobin, hindi man lang pinapalampas ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos. Kailangan

nilang matugunan ang kanilang kuryosidad sa lahat ng bagay, isinasailalim ang lahat ng bagay sa kanilang pagsisiyasat, nais na makabuo ng mga kongklusyon at malaman ang lahat ng nangyayari, para matuklasan kung ano ang nagaganap, upang magmukha silang may alam at matalino. Ito ang tiwaling disposisyon ng mga tao. Dahil nakasanayan na nilang siyasatin ang lahat, ngayon ay ibinabaling na nila ang kanilang pagsisiyasat sa Diyos. At ano ang naidudulot nito sa kanila? Pagpeperpekto at kaligtasan? Hindi, nagdudulot lamang ito sa kanila ng perdisyon at pagkawasak! Ganito inilalarawan ang mga anticristo. Sila ay isinusumpa at dapat kondenahin. Sa kanilang pakikitungo sa laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos, hindi nila kailanman pinanghahawakan ang posisyon ng mga tagasunod o nilikha upang tanggapin at tingnan Siya; sa halip, nakikita at hinaharap nila Siya mula sa anggulo at pananaw ng isang iskolar, ng isang taong nagmamarunong, ng isang taong puno ng kuryosidad, at ng isang mapagmataas na indibidwal na hindi makaarok sa katotohanan at nanghahamak sa mga positibong bagay. Malinaw na hindi maaaring maligtas ang mga gayong tao.

Hunyo 6, 2020

Ikasampung Aytem: Hinahamak Nila ang Katotohanan, Lantarang Nilalabag ang mga Prinsipyo, at Binabalewala ang mga Pagsasaayos ng Sambahayan ng Diyos (Ikatlong Bahagi)

II. Hinahamak ang Laman Kung Saan Nagkatawang-tao ang Diyos

Ang paksa ng huling pagbabahaginan ay ang ikasampung pagpapamalas ng mga anticristo—hinahamak ang katotohanan, lantarang nilalabag ang mga prinsipyo, at binabalewala ang mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos. Ang aytem na ito ay higit pang hinati sa tatlo pang seksiyon para sa detalyadong pagbabahaginan. Ang unang seksiyon ay hinahamak ang pagkakakilanlan at diwa ng Diyos, ang pangalawa ay hinahamak ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos, at ang pangatlo ay hinahamak ang mga salita ng Diyos. Ginagamit ang tatlong seksiyong ito para himayin ang ikasampung aytem ng iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo. Naibahagi na ang unang seksiyon, at para sa pangalawang seksiyon, hinahamak ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos, ito ay hinati-hati sa apat para sa pagbabahaginan. Ano-ano ang apat na bahaging ito? (Una, paninipsip, pambobola, at mga salitang masarap pakinggan; pangalawa, pagsisiyasat at pagsusuri, at pati kuryosidad; pangatlo, depende sa kanilang lagay ng loob ang pagtrato nila kay Cristo; at pang-apat, pakikinig lang sa sinasabi ni Cristo, pero hindi sumusunod o nagpapasakop.) Ang unang dalawang bahagi ay napagbahaginan na noong nakaraan; sa pagkakataong ito, pagbabahaginan natin ang ikatlong bahagi.

C. Depende sa Kanilang Lagay ng Loob ang Pagtrato Nila kay Cristo

Ang ikatlong bahagi ay “depende sa kanilang lagay ng loob ang pagtrato nila kay Cristo”; titingnan natin ang iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo batay sa simpleng pariralang ito. Sa inyong impresyon, o mula sa inyong nakita at naranasan, hindi ba't dapat mayroong ilang halimbawa tungkol sa bahaging ito? Sinasabi ng ilang tao: “Hindi ko pa nakaugnayan si Cristo; nakarinig lang ako ng mga sermon Niya. Wala akong tunay na karanasan sa pagpapamalas na ito, ni hindi ko nakita ang iba na nagpapakita nito sa realidad.” Para sa mga may tunay na karanasan sa bahaging ito, mayroon ba kayong mga damdamin o pang-unawa na tumutugma rito? Wala? Kung gayon, talagang kailangan nating magkaroon ng malalimang pagbabahaginan, hindi ba? (Oo.) Sa panlabas, ang bahaging ito ay may kinalaman sa iba't ibang saloobin at pagpapamalas kapag ang mga tao ay nakikipag-ugnayan kay Cristo. Sa katunayan, mula sa bahaging ito, hindi lamang makikita ng isang tao ang iba't ibang pagpapamalas at saloobin ng mga tao sa laman kung saan nagkakatawang-tao ang Diyos, kundi makikilatis na rin ang mga tunay na saloobin at pagpapamalas ng mga tao sa Diyos sa

kanilang pagtrato sa laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos. Ibig sabihin, mula rito, malinaw kung ano ang saloobin ng mga tao sa pagtrato sa Diyos Mismo na may pagkakakilanlan at diwa ng Diyos, at kung mayroon man silang may-takot-sa-Diyos na puso, tunay na pananalig, at totoong pagpapasakop. Kapag humaharap sa iba't ibang sitwasyon, ang mga saloobin ng mga tao kay Cristo ay nagbubunyag ng kanilang mga saloobin sa Diyos na kanilang sinasampalatayaan. Sa pagtrato sa ordinaryong taong ito, kay Cristo, kung mayroon ka mang anumang kuru-kuro, tunay na pananalig, o totoong pagpapasakop ang nagpapahiwatig kung mayroon kang tunay na pananalig at totoong pagpapasakop sa Diyos na iyong sinasampalatayaan, sa Diyos Mismo. Sa pagtrato ng mga tao sa Diyos sa langit—ang kanilang mga saloobin, pananaw, at kung ano ang totoong iniisip nila—ang mga ito ay malabo, hindi ibinubunyag ang kanilang mga tunay na saloobin sa Diyos. Gayumpaman, kapag talagang nakatagpo ng mga tao ang Diyos at nakita ang nahahawakang katawan na dugo at laman kung saan nagkakatawang-tao ang Diyos, ang kanilang mga tunay na saloobin sa Diyos ay ganap na nabubunyag. Ang mga salitang sinasabi ng mga tao, ang kanilang mga iniisip, ang mga pananaw na itinatatag at pinanghahawakan nila sa kanilang puso, at maging ang kanilang mga iniisip at saloobin kay Cristo sa kanilang puso, sa katunayan, ay iba't ibang pagpapamalas ng kung paano nila tinatrato ang Diyos. Dahil ang Diyos sa langit ay hindi nakikita at hindi nahahawakan, kung ano ang iniisip ng mga tao sa Kanya, kung paano nila Siya tinatrato, kung paano nila Siya nililimitahan, at kung sila ba ay mapagpasakop, talagang walang pamantayan ang mga tao upang masukat kung ang kanilang mga pagpapamalas ay tama o umaayon ba sa katotohanan. Pero kapag ang Diyos ay nagkatawang-tao bilang si Cristo, lahat ng ito ay nagbabago: Nagkakaroon ng pamantayan para sukatin ang lahat ng pagpapamalas at saloobin ng mga tao sa Diyos, ginagawa nitong malinaw ang mga totoong saloobin ng mga tao sa Diyos. Madalas, iniisip ng mga tao na mayroon silang malaking pananalig sa Diyos at tunay na pananampalataya, nararamdaman nilang ang Diyos ay dakila, pinakamataas, at kaibig-ibig. Pero repleksiyon ba ang mga ito ng kanilang tunay na tayog o isang lagay ng loob lamang? Mahirap tukuyin. Kapag hindi nakikita ng mga tao ang Diyos, kahit gaano man kabuti ang kanilang intensiyon sa pagtrato sa Kanya, ang kanilang pagtrato sa Kanya ay palaging nahahалан ng kalabuan, kahungkagan, at impraktikalidad, palaging puno ng ilang walang kabuluhang imahinasyon. Kapag talagang nakita at nakipag-ugnayan ang mga tao sa Diyos, ang lawak ng kanilang pananalig sa Diyos, ang antas ng kanilang pagpapasakop sa Diyos, at kung mayroon ba silang tunay na pagmamahal sa Diyos ay ganap na nabubunyag. Samakatwid, kapag ang Diyos ay nagkatawang-tao, lalo na kapag Siya ay naging isang tao na ordinaryo hangga't maaari, para sa lahat ng tao, ang laman na ito, ang ordinaryong taong ito, ay nagiging isang pagsubok para sa lahat at nagbubunyag din sa pananalig at tunay na tayog ng bawat tao. Maaaring nagawa mong sumunod sa Diyos noong una mong kinilala ang Kanyang pag-iral, pero nang tinanggap mo ang Diyos na nagkatawang-tao, nang makita mo ang Diyos na naging isang ordinaryong tao, ang

iyong isipan ay nagiging puno ng mga kuru-kuro. Sa pagkakataong ito, ang Cristo na iyong sinasampalatayanan—ang ordinaryong taong ito—ay nagiging pinakamalaking hamon para sa iyong pananampalataya. Kaya, ngayon, pagbahaginan natin ang epekto na mayroon ang ordinaryong taong ito, ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos, si Cristo, sa mga tao, at ang mga tunay na pagpapamalas na ipinapakita ng mga tao sa ordinaryong taong ito, kay Cristo, na nagbubunyag sa kanilang iba't ibang tunay na saloobin at pananaw sa Diyos.

Ang pangunahing nilalaman ng ikatlong bahagi ay na depende sa lagay ng loob ng mga tao ang pagtrato nila kay Cristo. Ang mismong tinutukoy ng lagay ng loob na ito ay ang sentro, ang pokus ng pagbabahaginan natin ngayon. Siyempre, ang lagay ng loob na ito ay isang metonimiya lamang, isang pangkalahatang paglalarawan. Hindi ito isang lagay ng loob; sa likod nito ay nagkukubli ang iba't ibang kuru-kuro at imahinasyon ng mga tao, pati na rin ang lahat ng uri ng kanilang tiwaling disposisyon, maging ang kanilang satanikong kalikasang diwa. Kapag ang isang tao ay hindi nahaharap sa anumang balakid sa paggawa ng kanyang mga tungkulin sa sambahayan ng Diyos, walang anumang nakakaapekto sa kanyang lagay ng loob, at lahat ay napakaayos, madalas silang nakapagdarasal sa harap ng Diyos, at namumuhay ng isang buhay na napakaregular, puno ng kagalakan at kapayapaan. Ang kapaligiran sa palibot nila ay napakaayos din, karamihan sa mga kapatid ay magkakasundo, madalas silang ginagabayan ng Diyos sa kanilang pagtupad ng mga tungkulin at sa pag-aaral ng mga propesyonal na kasanayan, nagbibigay ng kaliwanagan at pagtanglaw, at medyo malinaw ang mga prinsipyo ng pagsasagawa—lahat ay napakanormal at maayos. Sa panahong ito, nararamdaman ng mga tao na mayroon silang malaking pananalig sa Diyos, nararamdaman nila sa kanilang puso na malapit na malapit sila sa Diyos, madalas silang nakakaharap sa Diyos para magdasal at magtapat, nararamdaman nilang malapit ang ugnayan nila sa Diyos, at para sa kanila ay labis na kaibig-ibig ang Diyos. Ang kanilang lagay ng loob sa panahong ito ay napakaganda; madalas silang namumuhay sa kapayapaan at kagalakan, aktibong nagsasalita sa mga pagtitipon, at nagagawa nilang magdasal-magbasa ng mga salita ng Diyos at araw-araw na regular na mag-aral ng mga himno. Kapag ang lahat ay napakaayos at wala talagang hadlang, patuloy na nagpapasalamat ang mga tao sa Diyos sa kanilang puso, tahimik silang nagdarasal sa Diyos, at nagpapasya silang igugol ang kanilang sarili para sa Diyos sa buong buhay nila, ialay ang lahat ng mayroon sila, at tiisin ang mga paghihirap at magbayad ng halaga upang matupad ang kanilang mga tungkulin nang maayos. Pakiramdam nila na ang Diyos ay napakadakila, napakakaibig-ibig, at mayroon silang determinasyon at kagustuhan na ialay ang kanilang sarili sa Diyos, inilalaan ang kanilang buong buhay sa Kanya. Hindi ba't ang kondisyong ito ay napakaaktibo at positibo? Mula rito, tila makikita natin ang katapatan ng mga tao, ang kanilang pagmamahal sa Diyos, at ang mga sakripisyo na kanilang ginagawa. Lahat ay mukhang napakaganda, mapayapa, at maayos. Mula sa lahat ng pagpapamalas na ito, tila ang mga tao ay aktibo lang ginagawa ang kanilang

bahagi, nakikipagtulungan sa gawain ng Diyos at sa Kanyang mga hinihingi, nang walang anumang hindi kanais-nais. Sa gayon, sa kanilang puso, patuloy silang nagpapasalamat sa Diyos, nagpapasalamat sa Diyos sa langit, at nagpapasalamat kay Cristo sa lupa, puno ng walang hanggang pagmamahal at pagpipitagan kay Cristo. Tuwing kinakanta nila ang mga salitang “ang di-mahalagang taong ito” sa mga himno, sila ay labis na naaantig, iniisip nila, “Totoo nga na ang di-mahalagang taong ito ang nagligtas sa akin, ang nagbigay sa akin ng pagkakataong ito, na nagpapahintulot sa akin ngayon na gawin ang aking tungkulin bilang isang nilikha sa sambahayan ng Diyos!” Maging ang ilang tao ay direktang nagdarasal: “O, praktikal na Diyos, Diyos na nagkatawang-tao, Cristo: Pinapasalamatan Kita, pinupuri Kita, sapagkat ibinigay Mo sa akin ang lahat ng pagpapalang ito, biniyayaan Mo ako. Ikaw ang Diyos sa aking puso, Ikaw ang Lumikha, Ikaw ang nais kong sundan. Handa akong igugol ang aking sarili para sa Iyo sa buong buhay ko.” Ang lahat ng eksenang ito ay napakapayapa, napakaganda, at tila ganap na nagkakasundo, na para bang ang maligtas ay napakadali at walang kahirap-hirap. Pero puwede bang magtagal ang pagkakasundo at kapayapaang ito magpakailanman? Puwede ba itong manatiling hindi nagbabago? Hindi ito ganoon kasimple.

1. Ang Kanilang Pag-uugali Kapag Nahaharap Sila sa Pagpupungos

Sa proseso ng paggawa ng kanilang mga tungkulin, hindi maiiwasan na mabunyag ng mga tao ang kanilang mga tiwaling disposisyon, na magreklamo sa mga sitwasyong kanilang kinahaharap, na magkaroon ng mga sariling pananaw, at higit pa ay ang gawin ang mga bagay nang sutil at pabigla-bigla. Sa gayong mga sitwasyon, hindi maiiwasan na harapin ng mga tao ang pagpupungos. Kapag nahaharap sa pagpupungos, ang isang tao ba na puno ng kasigasigan, na puno ng mga imahinasyon at kuru-kuro tungkol sa Diyos, ay talagang may tayog na harapin ang lahat ng ito, na tunay na maranasan ang lahat ng ito, at mapagtagumpayan ang gayong mga sitwasyon? Nagbubunga ito ng isang katanungan, at naririto ang problema. Kapag nararamdaman ng mga tao na ang lahat ay napakaganda, kapag nararamdaman nila na ang Diyos ay napakakaibig-ibig, na mahal na mahal ng Diyos ang mga tao, na ang Kanyang pagmamahal ay napakadakila at napakatotoo, at pagkatapos ay nahaharap sila sa pagpupungos, sa pagbubunyag, ang mga hindi nakakaunawa sa katotohanan ay madalas na naguguluhan at nalilito, natatakot at nangangamba. Bigla nilang nararamdaman na para silang nalugmok sa kadiliman, na hindi magawang makita ang landas sa harapan, na hindi alam kung paano haharapin ang kasalukuyang sitwasyon. Kapag humaharap sila sa Diyos, hinahanap nila ang parehong mga damdaming mayroon sila noon, nagdarasal nang may parehong lagay ng loob, mga kaisipan, pananaw, at saloobin tulad ng dati. Pero sa tingin nila ay hindi nila maramdaman ang Diyos. Kapag sa tingin nila ay hindi nila maramdaman ang Diyos, nagsisimula silang mag-isip: “Ayaw na ba sa akin ng Diyos? Itinataboy na ba ako ng Diyos? Maaari kayang dahil sa aking tiwaling disposisyon ay ayaw na sa akin ng Diyos? Ititiwalag na ba ako ng Diyos? Kung ganoon, hindi ba’t katapusan ko na? Ano pa ang

silbi ng aking pag-iral ngayon? Ano pa ang silbi ng pananampalataya sa Diyos? Mabuti pa ay huwag na akong manampalataya. Kung hindi ako nanampalataya, baka may magandang trabaho na ako ngayon, isang matiwasay na pamilya, isang magandang kinabukasan! Hanggang ngayon ay walang naidulot na kahit ano sa akin ang pananampalataya sa Diyos, pero kung talagang titigil ako sa pananampalataya, hindi ba't mangangahulugan iyon na masasayang ang lahat ng pagsisikap ko dati, na walang saysay ang lahat ng aking naging sakripisyo at paggugol?" Sa mga pagninilay na ito, bigla silang nakakaramdam ng pagkalumbay at pagkaasiwa sa kanilang buong katawan, iniisip nila, "Ang Diyos sa langit ay napakalayo, at itong Diyos sa lupa, bukod sa pakikipagbahaginan at pagbibigay ng katotohanan, ano pa ba ang maitutulong Niya sa akin? Ano pa ba ang maibibigay Niya sa akin? Parang napakawalang-halaga Niya, at sobrang walang konsiderasyon. Ano bang masama sa pagkakaroon ng kaunting tiwaling disposisyon? Kung pinangasiwaan ito sa paraan ng tao, palalampasin ng Diyos ang pagkakaroon ng mga tao ng kaunting tiwaling disposisyon; pangangasiwaan Niya ito nang may kaluwagan at hindi Niya pagtutuunan ng pansin ang maliliit na pagkakamali ng mga tao. Bakit ako pinupungusan at dinidisciplina ng Diyos nang ganito, at binabalewala pa nga Niya ako, dahil lang sa maliit na bagay na ito? Hindi malaking usapin na magbunyag ng gayong tiwaling disposisyon sa ganitong uri ng sitwasyon, pero talagang kinamumuhian ako ng Diyos. Mahal ba talaga Niya ang mga tao o hindi? Saan nabubunyag ang Kanyang pagmamahal? Paano Niya mismo minamahal ang mga tao? Ano't anuman, sa sandaling ito, hindi ko na maramdaman ang pagmamahal ng Diyos." Kapag hindi nila maramdaman ang pagmamahal ng Diyos, nararamdaman nila kaagad na napakalayo nila sa Diyos sa langit, at mas malayo pa sa Cristong ito sa lupa, sa ordinaryong taong ito. Kapag nararamdaman nila ang pagkalumbay sa kanilang puso, paulit-ulit silang nagdarasal, at paulit-ulit na inaalo ang kanilang sarili, "Huwag kang matakot, ilagay mo ang iyong pag-asa sa Diyos sa langit. Ang Diyos ang aking sanggalang, ang Diyos ang aking lakas, mahal pa rin ng Diyos ang mga tao." Sa sandaling ito, nasaan ang Diyos na sinasabi nila? Sa langit, sa lahat ng bagay, ang Diyos na iyon ang tunay na nagmamahal sa mga tao, ang Diyos na tinitingala at iniibig ng mga tao, na maaaring maging kanilang kalasag, ang tutulong sa kanila sa lahat ng oras, at maaaring umalo sa kanilang puso. Siya ang sandigan ng kanilang espiritu, puso, at laman. Pero batay sa kung ano ang kayang gawin ng Diyos na ito na nasa lupa, wala na ngayong anumang sandigan sa puso ng mga tao. Nagbabago ang saloobin nila. Sa anong sitwasyon ito nagbabago? Kapag nahaharap sila sa pagpupungos at pagbubunyag, at nakakaranas sila ng mga dagok, nabubunyag ang kanilang tunay na pananalig.

Kapag naharap ang mga tao sa pagpupungos, ang kanilang diumano'y tunay na pananalig ay agad naghahanap ng sandigan sa malabong Diyos sa langit. Pagdating naman sa nakikitang Diyos sa lupa, ano ang saloobin nila? Ang unang reaksiyon ng mga tao ay ang tumanggi at bumitiw, ang hindi na umasa o manampalataya, kundi umiwas sa Kanya, magtago at lumayo sa Kanya. Ganito ang uri ng lagay ng loob na mayroon ang mga tao. Kapag naharap ang mga tao sa pagpupungos, ang katotohanang

nauunawaan ng mga tao, ang kanilang diumano'y totoong pananalig, katapatan, pagmamahal, at pagpapasakop, ay nagiging napakarupok. Kapag nagbabago ang lahat ng kalagayang ito, nagbabago rin ang kanilang saloobin sa Diyos na nagkatawang-tao. Ang kanilang mga dating sakripisyo—ang kanilang diumano'y katapatan, paggugol, at ang halaga na kanilang ibinayad, pati na ang kanilang diumano'y pagpapasakop—ay nabubunyag sa sandaling ito hindi bilang anumang uri ng pagkamatapat o totoong pagpapasakop, kundi kasigasigan lamang. At ano ang nakahalo sa kasigasigan ito? Ito ay nahahaluan ng mga damdamin ng tao, kabutihan ng tao, at pagkampi ng tao. Ang pagkamping ito ay maaari ding maunawaan bilang pagkamainitin ng ulo, gaya ng, “Kung susunod ako sa isang tao, dapat akong magpakita ng totoong pagsuporta sa kapatid, maging handang ialay ang aking buhay para sa kanya, igugol ang aking sarili, humarap sa panganib para sa kanya, ialay ang lahat para sa kanya,” na isang pagpapamalas ng pagkamainitin ng ulo ng tao. Ang gayong mga pagpapamalas ng tao ay nabubunyag sa sandaling ito. Bakit nabubunyag ang mga ito? Ito ay dahil, sa mga isipan at pananaw ng mga tao, tila tinanggap na nila na ang ordinaryong taong ito ay ang Diyos na nagkatawang-tao, si Cristo, ang Diyos, at Siya ay nagtataglay ng pagkakakilanlan ng Diyos—pero kung titingnan ang kanilang aktuwal na tayog, ang katotohanang kanilang nauunawaan, at ang kanilang kaalaman tungkol sa Diyos, hindi talaga nila tinanggap ang ordinaryong taong ito, ni itinuring ang ordinaryong taong ito bilang si Cristo, bilang Diyos. Kapag maayos ang lahat, kapag ang lahat ay ayon sa kanilang kagustuhan, kapag nararamdaman ng mga tao na pinagpapala, tinatanglawan, ginagabayan, at binibiyayaan sila ng Diyos, at kapag ang kanilang natatanggap mula sa Diyos ay naaayon sa kanilang mga kuru-kuro at imahinasyon, kaya nilang tanggapin nang subhetibo ang ordinaryong taong pinatotohanan ng Diyos bilang Diyos ng tao. Gayumpaman, kapag nagbago ang lahat ng kalagayang ito, kapag inalis ng Diyos ang lahat ng bagay na ito, at kapag ang mga tao ay walang totoong pagkaunawa at wala silang totoong tayog, nabubunyag ang lahat ng tungkol sa kanila, at ang kanilang nabubunyag ay ang kanilang mismong totoong saloobin sa Diyos. Paano lumilitaw ang totoong saloobin na ito? Saan ito nagmumula? Nagmumula ito sa tiwaling disposisyon ng mga tao at sa kanilang kawalan ng kaalaman tungkol sa Diyos. Bakit Ko sinasabi ito? Ano ang tiwaling disposisyong ito sa mga tao? (Matapos nagawang tiwali ni Satanas, sa loob ay nag-iingat na ang mga tao laban sa Diyos at bumubuo sila ng isang hadlang laban sa Kanya. Anuman ang ginagawa ng Diyos, palagi nilang iniisip, “Sasaktan ba ako ng Diyos?”) Ang ugnayan ba sa pagitan ng mga tao at ng Diyos ay simpleng usapin lamang ng pagkakaroon ng hadlang? Ganoon ba ito kasimple? Hindi lamang ito usapin ng pagkakaroon ng hadlang; ito ay problema ng dalawang magkaibang diwa. Ang mga tao ay may mga tiwaling disposisyon—may tiwaling disposisyon ba ang Diyos? (Wala.) Kung gayon, bakit mayroong salungatan sa pagitan ng mga tao at ng Diyos, bakit mapanlaban ang mga tao sa Diyos? Nasaan ang dahilan nito? Nasa Diyos ba o nasa mga tao? (Nasa mga tao.) Halimbawa, kung may pagtatalo ang dalawang tao at tumigil sila sa pakikipag-usap sa isa’t isa, kahit na magsalita sila,

ito ay magiging paimbabaw lamang, nang may hadlang na nabuo sa kanilang puso. Paano nabubuo ang hadlang na ito? Ito ay lumilitaw dahil mayroon silang magkaibang pananaw na hindi magkatugma, at walang handang bumitiw sa kanilang pananaw, na humahadlang sa pagkakaisa. Ganito nabubuo ang mga hadlang sa pagitan ng mga tao. Pero kung ilalarawan natin ang relasyon ng mga tao at ng Diyos bilang simpleng pagkakaroon ng hadlang, hindi ba't masyado itong mababaw, hindi natutumbok ang punto? Totoong may hadlang, pero kung gagamitin lang natin ang salitang "hadlang" para ipaliwanag ang problema ng tiwaling disposisyon ng mga tao, iyon ay masyadong magaan. Ito ay dahil matapos nagawang tiwali ni Satanas, ang mga tao ay may satanikong tiwaling disposisyon at diwa, at ang kanilang likas na kalikasan ay mapanlaban sa Diyos. Si Satanas ay mapanlaban sa Diyos. Itinuturing ba nito ang Diyos bilang Diyos? May pananalig ba ito o pagpapasakop sa Diyos? Wala itong tunay na pananalig ni tunay na pagpapasakop—ganito si Satanas. Ang mga tao ay katulad ni Satanas; taglay nila ang tiwaling disposisyon at diwa ni Satanas, at wala rin silang totoong pananalig at pagpapasakop sa Diyos. Kaya, puwede ba nating sabihin na may hadlang sa pagitan ng mga tao at ng Diyos dahil sa kawalan ng totoong pananalig at pagpapasakop? (Hindi.) Ito ay nagpapahiwatig lamang na ang mga tao ay mapanlaban sa Diyos. Kapag ang ginagawa ng Diyos ay naaayon sa mga kagustuhan, lagay ng loob, at pangangailangan ng mga tao, kapag natutugunan ang kanilang mga kagustuhan, at ang lahat ay nagiging maayos para sa kanila at ayon sa kanilang kagustuhan, nararamdaman ng mga tao na ang Diyos ay napakakaibig-ibig. Pero ang pakiramdam ba na ito ng pagiging kaibig-ibig ng Diyos sa gayong mga pagkakataon ay tunay? (Hindi.) Ito ay pagsasamantala lamang ng mga tao, nag-aalay ng ilang magandang salita bilang kapalit; ito ay kilala bilang pag-aani ng mga benepisyo at pagkatapos ay pagkukunwaring mabait. Sa gayong mga sitwasyon, ang mga salitang sinasabi ba ng mga tao ay nagpapakita ng totoong kaalaman sa Diyos? Ang kaalaman bang ito sa Diyos ay tunay o peke? (Peke.) Ang kaalamang ito ay hindi naaayon sa katotohanan, ni sa diwa ng Diyos. Hindi ito isang tunay na kaalaman kundi isang imahinasyon, isang kuru-kurong nagmumula sa mga damdamin at pagkamainitin ng ulo ng tao. Kapag ang kuru-kurong ito ay nabasag, nalantad, at nabunyag, nadidismaya ang mga tao; ito ay nagpapahiwatig na lahat ng kanilang nais makamit ay kinuha na. Hindi ba't ang dating pananaw ng mga tao na kaibig-ibig at mabuti ang Diyos sa iba't ibang paraan ay napuna at nakondena na? Ito ay eksaktong kabaligtaran ng kanilang pinaniniwalaan noon. Kaya bang tanggapin ng mga tao ang katunayang ito? (Hindi.) Kapag walang ibinibigay ang Diyos sa iyo, tinutulutan ka lamang Niyang mamuhay ayon sa Kanyang mga salita, magsalita at kumilos, gawin ang iyong tungkulin, maglingkod sa Diyos, makisama sa iba, at iba pa, nang pawang ayon sa Kanyang mga salita. Kapag talagang namumuhay ka ayon sa Kanyang mga salita, at nararamdaman mo ang masisidhing layunin ng Diyos at kaya mong tunay na magmahal at magpasakop sa Diyos, kung gayon, ang mga karumihan sa iyo ay mas kaunti, at ang pagiging kaibig-ibig at diwa ng Diyos na iyong nararamdaman ay tunay.

Kapag nahaharap ang mga tao sa pagdidisiplina at pagpupungos, nagkakaroon sila ng mga kuru-kuro, reklamo, at maling pagkaunawa tungkol sa Diyos. Kapag lumilitaw ang mga ito, biglang nararamdaman ng mga tao na walang konsiderasyon ang Diyos, na parang hindi Siya kasingkaibig-ibig gaya ng inaakala nila: “Sinasabi ng lahat na kaibig-ibig ang Diyos, pero bakit hindi ko ito maramdaman? Kung talagang kaibig-ibig ang Diyos, dapat Niya akong pagpalain at aluin. Kapag magkakamali na ako, dapat Niya akong bigyan ng babala sa halip na hayaan akong mapahiya o magkamali; dapat Niyang gawin ang mga bagay na ito bago ako magkamali, na pinipigilan akong magkamali o tumahak sa maling landas!” Bumabagabag ang mga gayong kuru-kuro at pag-iisip sa isipan ng mga tao kapag nahaharap sila sa mga paghihirap. Sa panahong ito, hindi na gaanong bukas ang paraan ng pagsasalita at pagkilos ng mga tao. Kapag nahaharap ang mga tao sa pagpupungos, kapag nahaharap sila sa mga paghihirap, lumalala ang kanilang lagay ng loob; nagsisimula nilang maramdaman na hindi sila gaanong mahal ng Diyos o hindi na rin sila gaanong tinatrato nang may biyaya, na hindi sila masyadong pinapaboran. Iniisip nila: “Kung hindi ako mahal ng Diyos, bakit ko Siya dapat mahalin? Hindi ko rin mamahalin ang Diyos.” Dati, sa kanilang mga pakikipag-usap sa Diyos, anuman ang tinatanong ng Diyos, sumasagot sila; napakaaktibo nila. Palagi nilang gustong magbahagi ng higit pa, hindi sila kailanman nauubusan ng sasabihin, nais nilang ipahayag at iparating ang lahat ng nasa kanilang puso, hinihiling nilang maging kapalagayang-loob ng Diyos. Pero kapag nahaharap sila sa pagpupungos, nararamdaman nila na hindi na masyadong kaibig-ibig ang Diyos, na hindi sila gaanong mahal ng Diyos, at ayaw na rin nilang mahalin ang Diyos. Kapag may tinatanong ang Diyos, sumasagot lang sila nang maiksi at pabasta-basta, paisa-isang salita lang ang tugon nila. Kapag tinatanong ng Diyos, “Kumusta ang pagtupad mo sa iyong mga tungkulin nitong mga nakaraang araw?” sumasagot sila, “Ayos lang.” “Mayroon ka bang mga suliranin?” “Minsan.” “Kaya mo bang makipagtulungan nang matiwasay sa mga kapatid?” Sa kanilang isipan, iniisip nila, “Hmp, ni hindi ko nga maalagaan ang sarili ko, paano pa ako makikipagtulungan nang matiwasay sa iba?” “Mayroon ka bang kahinaan?” “Ayos lang ako.” Ayaw na nilang magsalita pa, nagpapakita ng ganap na negatibo, mareklamong saloobin. Pinanghihinaan at nasisiraan ng loob ang kanilang buong pagkatao, puno ng mga hinaing at pakiramdam ng pagkaagrabyado, ayaw magsalita nang higit pa kaysa sa kailangan. Bakit ganito? Dahil hindi maganda ang kanilang lagay ng loob ngayon, medyo nasisiraan sila ng loob sa kanilang kalagayan, at wala silang gana na makipag-usap kaninuman. Kapag tinanong sila, “Nakapagdasal ka ba kamakailan?” sumasagot sila, “Ganoon pa rin naman ang mga dasal ko.” “Ang iyong kalagayan ay hindi maganda kamakailan; hinahanap mo ba ang katotohanan kapag nahaharap sa mga suliranin?” “Nauunawaan ko ang lahat, hindi ko lang kayang maging positibo.” “Nagkaroon ka ng mga maling pagkaunawa tungkol sa Diyos. Nakikita mo ba kung saan nagmumula ang problema mo? Anong mga tiwaling disposisyon ang pumipigil sa iyo na lumapit sa Diyos? Anong nagsasanhi sa iyong maging napakanegatibo na hindi mo man lang gustong lumapit sa Diyos para magdasal?” “Hindi

ko alam.” Anong klaseng saloobin ito? (Negatibo at nakikipaghidwaan.) Tama, walang bahid ng pagpapasakop, kundi puno sila ng mga pagrereklamo at hinaing. Sa kanilang espirituwal at mental na mundo, nakikita nila ang diyos na katulad ng larawan ng isang Buddha o Bodhisattva na inilalarawan ng mga tao. Anuman ang gawin ng mga tao o kung paano sila namumuhay, hindi kailanman nagsasalita ang mga Buddha o Bodhisattva na iyon, nagpapasakop lamang ang mga ito sa mga manipulasyon ng mga tao. Naniniwala sila na hindi sila dapat pungusan ng diyos, at lalong hindi sila dapat pinsalain; anumang mali ang kanilang gawin, dapat na aluin lang sila ng diyos, hindi pungusan, ilantad, o ibunyag, at lalong hindi sila dapat disiplinahin. Gusto nilang manampalataya sa Diyos at gawin ang kanilang tungkulin ayon sa kanilang mga sariling lagay ng loob at disposisyon, ginagawa ang gusto nila, inaakalang anuman ang gawin nila, dapat masiyahan, magalak, at tumanggap ang Diyos. Gayumpaman, ang mga bagay ay hindi nangyayari ayon sa kagustuhan nila; hindi kumikilos ang Diyos sa ganitong paraan. Pagkatapos ay iniisip ng mga tao, “Kung hindi siya kumikilos ayon sa aking inaakala, diyos pa rin ba siya? Karapat-dapat pa rin ba siya sa aking pamumuhunan, paggugol, at pagsasakripisyo? Kung hindi, magiging kahangalan ang pag-aalay ng aking sinserong puso, hindi ba?” Kaya, kapag dumating na ang oras para sa pagpupungos, ang unang tugon ng mga tao, mula sa pananaw ng isang nilikha, ay hindi makinig sa sinasabi ng Diyos o sa Kanyang mga hinihingi, ni sa mga problema, kalagayan, o disposisyon ng tao na inilalantad ng Diyos, ni kung paano dapat tanggapin, ituring ang mga bagay na ito, o magpasakop dito. Wala sa isip ng tao ang gayong mga bagay. Gaano man magsalita ang Diyos sa mga tao o paano man Niya sila ginagabayan, kung ang Kanyang tono o paraan ng pagsasalita ay walang pagsasaalang-alang—kung hindi isinasaalang-alang ang kanilang mga lagay ng loob, pagpapahalaga sa sarili, at kahinaan—nagkakaroon ng mga kuru-kuro ang mga tao, at ayaw nilang ituring ang Diyos bilang Diyos, ni ayaw nilang maging mga nilikha. Ang pinakamalaking problema rito ay na kapag naghahatid ang Diyos ng masasayang sandali, binibigyang-daan ang lahat ng bagay na umayon sa kagustuhan ng mga tao, nagiging handa silang kumilos bilang mga nilikha, ngunit kapag nagbigay ng paghihirap ang Diyos upang disiplinahin at ibunyag ang mga tao, upang matuto sila ng aral, at hayaan silang maunawaan ang katotohanan at malaman ang Kanyang layunin—sa ganitong mga pagkakataon, tinatalikuran Siya kaagad ng mga tao at hindi na nila nais na maging mga nilikha. Kapag ayaw nang maging nilikha ng isang tao, kung gayon, mula sa pananaw na iyon at sa posisyong iyon, magagawa ba nilang magpasakop sa Diyos? Magagawa ba nilang tanggapin ang pagkakakilanlan at diwa ng Diyos? Hindi nila iyon magagawa. Kapag ang masasaya, mabubuting kalagayan, at masisiglang panahon—ang mga panahong iyon kung kailan gusto ng mga tao na maging kapalagayang-loob ng Diyos—ay naging mga panahon kung kailan gusto ng mga tao na talikuran Siya sa harap ng pagpupungos, sa mga kapaligirang inihanda ng Diyos, napakalaking pagbabago nito! Ano ba talaga ang totoo tungkol sa bagay na ito? Ano ang dapat malaman ng mga tao? Hindi ba dapat malaman ng isang tao kung anong saloobin ang dapat niyang taglayin

para sa Diyos bilang isang nilikha? Anong mga prinsipyo ang kailangang masunod? Bilang isang tao—isang tiwaling tao—ano mismong perspektiba at posisyon ang dapat taglayin ng tao sa lahat ng bagay na ibinibigay ng Diyos sa kanya at sa mga kapaligirang inihahanda ng Diyos? Anong saloobin at diskarte ang dapat gamitin ng mga tao sa pagpupungos ng Diyos sa kanila? Hindi ba’t dapat pagnilayan ng mga tao ang gayong mga bagay? (Oo.) Dapat pagnilay-nilayan at pagbulay-bulayan ng mga tao ang mga bagay na ito. Kailan man at paano man tinatrato ng isang tao ang Diyos, ang pagkakakilanlan ng tao, sa katunayan, ay hindi nagbabago; ang mga tao ay mamamalaging mga nilikha. Kung ayaw mo talaga sa iyong puwesto bilang isang nilikha, nangangahulugan iyan na ikaw ay napakamapaghimagsik, at na malayo ka pa sa pagbabago ng disposisyon, malayong magkaroon ka ng takot sa Diyos at umiwas sa kasamaan. Kung lubos mo namang tanggap ang iyong lugar bilang isang nilikha, anong saloobin ang dapat mong taglayin para sa Diyos? (Pagpapasakop nang walang kondisyon.) Kahit papaano, dapat mong taglayin ang bagay na ito: pagpapasakop nang walang kondisyon. Ang ibig sabihin niyan, sa anumang oras, ang ginagawa ng Diyos ay hindi kailanman mali, ang mga tao lang ang nagkakamali. Anumang mga kapaligiran ang nakakatagpo ng isang tao—lalo na sa harap ng paghihirap, at lalo na kapag ibinubunyag o inilalantad siya ng Diyos—ang unang dapat gawin ng tao ay humarap sa Diyos upang pagnilayan ang kanyang sarili, suriin ang kanyang mga salita at gawa at ang kanyang tiwaling disposisyon, sa halip na suriin, siyasatin, at husgahan kung tama ba o mali ang mga salita at kilos ng Diyos. Kung mananatili ka sa tama mong posisyon, dapat mo mismong malaman kung ano talaga ang dapat na ginagawa mo. Ang mga tao ay may tiwaling disposisyon at hindi nila nauunawaan ang katotohanan. Hindi ito isang malaking problema. Ngunit kapag may tiwaling disposisyon ang mga tao at hindi nila nauunawaan ang katotohanan, subalit hindi pa rin nila hinahanap ang katotohanan, malaking problema ito. Mayroon kang tiwaling disposisyon at hindi mo nauunawaan ang katotohanan, at kaya, may tendensiya kang husgahan ang Diyos nang arbitraryo, at tratuhin at makipag-ugnayan sa Kanya ayon sa dikta ng iyong lagay ng loob, mga kagustuhan, at emosyon. Ngunit kung hindi mo hinahanap at isinasagawa ang katotohanan, hindi magiging gayon kadali ang mga bagay-bagay. Hindi lamang na hindi mo magagawang magpasakop sa Diyos, kundi maaaring maging mali rin ang pagkaunawa mo at magreklamo ka tungkol sa Kanya, kondenahin mo Siya, salungatin Siya, at sumpain at itakwil pa nga Siya sa puso mo, na sinasabing hindi Siya matuwid, na hindi lahat ng ginagawa Niya ay talagang tama. Hindi ba’t napakamapanganib na maaari ka pang magdulot ng gayong mga bagay? (Oo.) Lubhang mapanganib ito. Ang hindi paghahanap sa katotohanan ay maaaring magdulot ng pagkawala ng kanilang buhay! At maaari itong mangyari anumang oras at saanmang lugar. Gaano man nag-uumapaw sa tuwa ang iyong mga emosyon, determinasyon, mga pagnanais, o adhikain sa ngayon, at gaano mo man kamahal ang Diyos sa puso mo sa sandaling ito, lahat ng ito ay pansamantala lamang. Parang kapag nagkakasal ang isang pastor at tinatanong niya ang parehong partido, “Tinatanggap mo ba siya bilang iyong

asawa? Sa sakit at sa kalusugan, sa sakuna, sa kahirapan, at iba pa, handa ka bang makasama siya sa buong buhay mo?” Ang parehong partido, nang may luha sa kanilang mga mata at puso na puno ng emosyon, ay nangangakong iaalay ang kanilang buhay sa isa’t isa at inaako ang panghabambuhay na responsabilidad para sa isa’t isa. Ano ang mga taimtim na pangakong ito sa sandaling iyon? Mga panandaliang emosyon at kahilingan lamang ng mga tao ang mga ito. Pero talaga bang taglay ng parehong partido ang gayong integridad? Talaga bang taglay nila ang gayong pagkatao? Walang nakakaalam; mabubunyag ang katotohanan sa loob ng sampu, dalawampu, o tatlumpung taon. Nagdidiborsiyo ang ilang mag-asawa pagkatapos ng tatlo hanggang limang taon, ang iba ay pagkatapos ng sampung taon, at ang iba pa, pagkatapos ng tatlumpung taon, ay basta-basta na lamang naghihiwalay. Saan na napunta ang kanilang mga naunang kahilingan? Ano ang nangyari sa kanilang mga taimtim na pangako? Matagal nang itinapon ang mga ito sa malayong ibayo. Ano ang papel ng mga taimtim na pangakong ito? Wala; mga kahilingan lamang ang mga ito, mga panandaliang emosyon—hindi nagtatakda ng anuman ang mga emosyon at kahilingan. Ano ang hinihingi para tunay na magsama nang habambuhay ang mag-asawa, para magkasamang tumanda? Sa ideyal na pagsasalita, sa pinakamababa, ang bawat isa ay kailangang magkaroon ng integridad at matuwid na karakter. Sa mas kongkretong pagsasalita, sa kanilang buhay, marami silang bagay na makakaharap—malalaki at maliliit, magaganda at hindi magaganda, mga paghihirap, mga kabiguan, mga suliranin, karamihan sa mga bagay na ito ay hindi ayon sa ninanais. Hinihingi nito sa parehong partido na magkaroon ng tunay na pagpaparaya, pagpapasensiya, pagmamahal, konsiderasyon, malasakit, at iba pang medyo positibong bagay sa pagkatao para suportahan ang isa’t isa hanggang sa dulo ng daan. Kung wala ang mga katangiang ito, at umaasa lamang sila sa mga pangako at sa mga adhikain, kahilingan, at pantasya noong ikinasal sila, tiyak na hindi sila makararating sa dulo. Ganito rin pagdating sa pananampalataya sa Diyos; kung hindi hinahanap ng isang tao ang katotohanan bagkus ay umaasa lamang siya sa kaunting sigasig at kahilingan, tiyak na hindi siya makakapanindigan at siguradong hindi niya magagawang sundan ang Diyos hanggang sa wakas.

Paano magagawang manampalataya at sumunod ng isang tao sa Diyos nang hindi umaasa sa kanyang lagay ng loob at nang hindi naiimpluwensiyahan ng kanyang lagay ng loob o kapaligiran? Paano ito maisasakatuparan ng isang tao? Ano ang pinakamababang hinihingi para sa pananampalataya sa Diyos? Hinihingi nito ang pagkakaroon ng saloobin ng pagmamahal sa katotohanan at paghahanap sa katotohanan. Nagtatanong ang ilang tao, “Mahalaga ba ang pagkakaroon ng paninindigan at paggawa ng panata?” Ang mga ito ay kailangang-kailangan ngunit nakadepende sa yugto ng pananampalataya. Kung ang isang tao ay nasa una o pangalawang taon ng pananampalataya, kung wala ang mga ito, ang kanilang sigasig ay hindi mag-aalab. Kung walang sigasig, ang isang tao na nagsisimula pa lamang manampalataya sa Diyos ay maaaring maging maligamgam, hindi masyadong masikap sa kanyang paghahangad,

hindi rin umaatras, ginagawa lang ang anumang hinihiling sa kanya. Nahihirapang umusad ang gayong tao, at wala siyang malinaw na saloobin. Samakatwid, kailangan ng mga bagong mananampalataya ang ganitong sigasig. Maaaring magdala ng maraming positibong bagay sa isang tao ang ganitong sigasig, na nagbibigay-daan sa kanya na mabilis na maunawaan ang katotohanan, ang pangitain, at ang layon ng gawain ng Diyos, at mabilis na maglatag ng pundasyon. Bukod pa rito, kapag ginugugol ng mga tao ang kanilang sarili at aktibo at masigasig silang nagbabayad ng halaga, mas mabilis silang pumapasok sa katotohanang realidad. Sa simula, kailangan ng isang tao ang sigasig na ito at dapat magkaroon siya ng kapasyahan at mga adhikain. Gayumpaman, kung pagkatapos ng mahigit tatlong taon ng pananampalataya sa Diyos, nananatili pa rin ang isang tao sa yugto ng kasigasigan, maaaring mayroong panganib. Nasaan ang panganib na ito? Palaging tinatrato ng mga tao batay sa kanilang mga imahinasyon at kuru-kuro ang kanilang pananampalataya sa Diyos at ang mga usapin ng pagbabago sa disposisyon. Batay sa kanilang mga imahinasyon at mga kuru-kuro ay sinusubukan nilang makilala ang Diyos at magkamit ng pagkaunawa sa Kanyang gawain at sa Kanyang mga hinihingi sa mga tao. Makakapasok ba ang gayong mga tao sa katotohanang realidad o mauunawaan ba nila ang mga layunin ng Diyos? (Hindi.) Kung hindi maunawaan ng isang tao ang katotohanan, lumilitaw ang mga problema. Mayroon bang sinumang nananampalataya sa Diyos at buong buhay na namumuhay sa isang mapagpalayaw na kapaligiran, na palaging may mga biyaya at pagpapala? Wala, sa malao't madali, kailangang humarap ng lahat sa tunay na buhay at sa iba't ibang kapaligirang inihanda ng Diyos para sa kanila. Kapag nahaharap ka sa iba't ibang kapaligirang ito at sa iba't ibang isyu sa tunay na buhay, ano ang maaaring maging papel ng iyong kasigasigan? Maaari ka lang nitong himuking kontrolin ang iyong sarili, magbayad ng halaga, magdusa, pero hindi ka nito maaakay na maunawaan ang katotohanan o ang mga layunin ng Diyos. Gayumpaman, kung hahanapin mo ang katotohanan at mauunawaan ang katotohanan, iba ito. Paano ito naiiba? Kapag nauunawaan mo ang katotohanan at nahaharap ka sa mga sitwasyong ito, hindi mo na tinatrato ang mga ito batay sa iyong sigasig o mga kuru-kuro. Tuwing nahaharap ka sa anumang bagay, dapat ka munang lumapit sa Diyos para maghanap at manalangin, para hanapin ang mga katotohanang prinsipyo. Pagkatapos ay puwede ka nang maging mapagpasakop, at magkaroon ng gayong kamalayan at saloobin. Ang saloobin at kamalayang ito ay napakahalaga. Maaaring mangyari na sa isang partikular na pagsubok, wala kang nakakamit, hindi mo malalim na napapasok ang katotohanan, at hindi mo nauunawaan kung ano talaga ang katotohanang realidad. Gayumpaman, sa panahon ng pagsubok na ito, ang pagkakaroon ng gayong mapagpasakop na kamalayan at saloobin ay nagbibigay-daan sa iyo na tunay na maranasan kung paano dapat kumilos ang mga tao bilang mga nilikha at kung ano ang dapat nilang gawin para maging pinakanormal at pinakamaayos sa harap ng Diyos. Bagama't maaaring hindi mo nauunawaan ang layunin ng Diyos o hindi mo alam kung ano ba mismo ang nais ng Diyos na matamo o makamit mo sa gayong kapaligiran, nararamdaman mo na kaya

mong magpasakop sa Diyos at sa mga gayong kalagayan. Mula sa kaibuturan ng iyong puso, kaya mong tanggapin ang kapaligirang inihanda ng Diyos para sa iyo. Nararamdaman mong napanatili mo ang iyong tamang lugar bilang isang nilikha, hindi naghihimagsik o sumasalungat sa Diyos, at ang iyong puso ay nakakaramdam ng kapanatagan. Habang nakakaramdam ka ng kapanatagan, ang iyong pagtitiwala sa Diyos sa langit ay hindi malabo, at hindi mo nararamdamang malayo ka o na tinatanggi mo ang Diyos na nasa lupa. Sa halip, mula sa kaibuturan ng iyong puso, mas may kaunti pang takot at mas may kaunti pang pagiging malapit din. Tingnan mo ito, ang pagkakaiba sa pagitan ng isang taong naghahanap sa katotohanan at kayang magpasakop, at ng isang taong umaasa sa kasigasigan at mayroon lamang kaunting paninindigan—malaki ba ang pagkakaiba? Napakalaki ng pagkakaiba. Kapag nahaharap sa mga sitwasyon ang isang taong umaasa sa kasigasigan at may kapasyahan lang, siya ay lalaban, makikipagtalo, magreklamo, at makakaramdam ng pagkaagrabyado. Maaaring isipin niya, “Bakit ako tinatrato ng Diyos nang ganito? Bata pa ako, bakit hindi ako aluin ng Diyos? Bakit hindi binibilang ng Diyos ang aking mga nakamit dati? Bakit ako pinaparusahan sa halip na gantimpalaan? Napakabata ko pa, ano ba ang alam ko? Kahit ang mga magulang ko sa bahay namin ay hindi ako kailanman tinatrato nang ganito; pinapahalagahan nila ako bilang kanilang espesyal na anak, ang kanilang munting sanggol. Ngayon na lumaki na ako nang husto matapos pumunta sa sambahayan ng Diyos, tila masyadong walang konsiderasyon na tratuhin ako ng Diyos nang ganito!” Ganito ang mga uri ng maling pangangatwiran na kanilang ginagawa. Paano lumilitaw ang mga gayong maling pangangatwiran? Kung ang isang tao ay naghahanap at nakakaunawa sa katotohanan, maaari pa rin ba siyang magkaroon ng mga gayong maling pangangatwiran? Kung nauunawaan at nalalaman ng isang tao ang mga katotohanang ito habang karaniwang ginagawa ang kanyang tungkulin, maaari pa rin ba siyang magkimkim ng mga gayong reklamo at pagkamainitin ng ulo kapag nahaharap sa mga sitwasyon? (Hindi.) Siguradong hindi siya magsasalita nang ganito. Sa halip, makikita niya ang kanyang sarili bilang isang ordinaryong nilikha at lalapit siya sa Diyos, na hindi alintana ang edad, kasarian, o kalagayan at katayuan, nagpapasakop at nakikinig lang siya sa mga salita ng Diyos. Kapag nagagawa ng mga tao na makinig sa mga salitang sinasabi ng Diyos at sa Kanyang mga hinihingi, may pagpapasakop sila sa kanilang puso. Kapag nagagawa ng isang tao na mulat na magpasakop, kapag mayroon siyang saloobin ng pagpapasakop, tunay siyang tumatayo sa posisyon ng isang nilikha, na mayroong pagmamahal, pagpapasakop, at takot sa Diyos, na hindi umaasa sa kanyang mga lagay ng loob o emosyon. Ito ang ilang reaksiyon kapag ang mga tao ay nahaharap sa pagpupungos. Ano ang mga pangunahing reaksiyon? Masama ang loob nila, nadidismaya sila, pakiramdam nila ay naagrabyado sila, at na kailangan silang aluin. Kapag hindi nila natatanggap ang pag-alo o pagmamalasakit, nagsisimula silang magkimkim sa kanilang puso ng mga reklamo at mga maling pagkaunawa tungkol sa Diyos. Ayaw na nilang manalangin sa Diyos, at sa kaibuturan nila, iniisip nilang talikuran na ang Diyos,

gusto nilang lumayo sa Kanya—kapwa sa Diyos sa langit at sa Diyos sa lupa. Kung pupungusan Ko nang kaunti ang ilang tao, iiwasan nila Ako sa susunod na magkita kami, ayaw nilang makipag-ugnayan sa Akin. Karaniwan, kapag hindi sila pinupungusan, palagi silang nakapaligid sa Akin, nag-aalok ng tsaa, nagtatanong kung mayroon Akong anumang kailangan, mabuti ang kanilang lagay ng loob, masipag sila, madaldal, at malapit ang ugnayan sa Diyos. Pero kapag pinungusan na sila, hindi na ganoon—hindi na sila nag-aalok ng tsaa o nagpapadala ng mga pagbati, at kung magbibigay pa Ako ng ilan pang katanungan, basta na lang silang aalis, hindi na sila makikita.

Noong nasa mainland Tsina Ako, nanatili Ako sa mga bahay ng ilang kapatid. Ang ilan sa mga taong ito ay may masamang pagkatao, ang ilan ay mga bagong mananampalataya, ang ilan ay nagkaroon ng maraming kuru-kuro sa aming unang pagkikita at hindi nila nauunawaan ang katotohanan, at ang iba ay hindi talaga naghahangad sa katotohanan. Nang makita Kong nagbubunyag ang mga taong ito ng kanilang katiwalian, hindi Ko sila magawang pungusan; kailangan Kong magsalita nang banayad at maingat. Kung talagang pupungusan mo sila, magkakaroon sila ng mga kuru-kuro at paghihimagsik, kaya kailangan mo silang hikayatin at makipagnegosasyon sa kanila, at magbahagi pa ng katotohanan para gabayan sila. Kung hindi ka makikipagnegosasyon o makikipagbahaginan at direktang magbibigay lamang ng mga kahilingan, siguradong hindi ito gagana. Halimbawa, puwede mong sabihing, “Masyadong maalat ang pagkaing ito; siguro sa susunod ay bawasan ang alat nito. Hindi maganda sa kalusugan ang sobrang pagkain ng asin. Bilang mga mananampalataya sa Diyos, dapat ka ring gumamit ng sentido komun at hindi maging mangmang; kailangan mong tanggapin ang mga positibong bagay. Kung hindi ka naniniwala sa Akin, puwede kang magtanong sa isang practitioner ng tradisyonal na Chinese medicine tungkol sa mga epekto ng sobrang asin sa mga bato.” Ang pamamaraang ito ay katanggap-tanggap para sa kanila. Ngunit kung sasabihin mo, “Napakaalat ng pagkaing ito, gusto mo bang patayin ang isang tao sa alat? Bakit palagi mong masyadong inaalatan? Sobrang alat nito na hindi na ito makain! Bakit napakamangmang mo? Huwag mo nang gawing masyadong maalat ito sa susunod!” hindi iyon gagana. Sa susunod na pagkain, baka hindi na sila maglagay ng kahit kaunting asin. Tapos sasabihin mo, “Bakit napakatabang nito?” “Matabang? Hindi ba’t sinabi mong sobrang alat nito? Ang sobrang asin ay nakakasama sa mga bato, kaya hindi ba’t mas mabuting huwag nang maglagay ng asin kahit kaunti para hindi makasama sa mga bato?” Ang pagiging masyadong malupit magsalita ay hindi gagana; kailangan mong makipagnegosasyon at manghikayat. Maraming tao ang napakahirap kausap; kapag kausap mo sila, kailangan mong maging maingat sa paraan at tiyempo ng iyong pagsasalita, at isaalang-alang din ang kanilang lagay ng loob—kailangan mong makipagnegosasyon. Minsan, kung aksidenteng nagsalita ka nang medyo masyadong malupit, maaari mo silang masaktan, at maaari silang lumaban sa loob-loob nila. Sa panlabas, maaaring hindi ito mukhang malaki, pero sa loob, iba ito. Karaniwan, kapag humihiling ka sa kanila na gawin ang isang bagay, ginagawa nila ito kaagad, ngunit kung

nasaktan mo ang kanilang damdamin, hindi na sila nagiging masigasig sa paggawa ng mga bagay, nagmamabagal sila at ayaw na nila talaga. Sinasabi nila, “Paano ako magiging mabuti sa iyo kapag masama ang lagay ng loob ko? Magiging mas mabait ako kapag maganda ang lagay ng loob ko, pero kapag hindi, sapat na ang makaraos lang.” Anong klaseng nilikha ito? Hindi ba’t mahirap pakitunguhan ang mga tao? (Oo.) Sadyang ganito ang mga tao, hindi tinatablan ng katwiran at walang lohika. Kapag kalaunan ay pinagnilayan nila ang kanilang sarili, maaaring yumuko sila, mangumpisal ng kanilang mga kasalanan, at humagulgol nang husto, pero ganoon pa rin ang reaksiyon nila kapag naharap silang muli sa mga gayong bagay at napungusan. Ito ba ay isang taong naghahanap sa katotohanan? (Hindi.) Anong klaseng tao ito? Ang gayong tao ay matigas ang ulo at hindi talaga tinatanggap ang katotohanan. Ganito ang klase ng saloobin ng mga tao sa Diyos kapag nahaharap sila sa pagpupungos, at kapag nahaharap sa mga paghihirap. Sa madaling salita, hindi sila mapagpasakop, hindi nila matanggap ang katotohanan, at kapag nasasaktan sila, tinatrato nila ang Diyos ayon sa kanilang pagkamainitin ng ulo. Hindi ba’t isa itong seryosong problema? Kapag nakatagpo Ko ang ilang tao, kahit bago Ko pa sila pungusan, sa pagsasalita Ko lang tungkol sa naturang usapin, sumisimangot sila, masungit silang nagsasalita, may masama silang saloobin, at ibinabato pa ang mga bagay. Hindi ka puwedeng magsalita nang prangka sa kanila; kailangan mong magpaligoy-ligoy at maging maingat. Puwede ba Akong magsalita sa gayong paligoy-ligoy na paraan tulad ng ginagawa ng mga tao? Kaya mo man itong tanggapin o hindi, kailangan Kong sabihin ang totoo—ang mga bagay ay dapat gawin ayon sa mga katotohanang prinsipyo sa sambahayan ng Diyos. Walang ipinakitang reaksiyon ang ilang tao kapag pinupungusan, ngunit nagtatampo sila sa loob-loob nila. Kaya bang gawin nang maayos ng gayong tao ang kanyang tungkulin? (Hindi.) Kung hindi niya magawa nang maayos ang kanyang tungkulin at palagi siyang nagkakamali, kailangan siyang pangasiwaan ng iglesia ayon sa mga prinsipyo.

2. Ang Kanilang Pag-uugali kay Cristo Noong Siya ay Tinutugis, Nang Walang Mapagpahingahan ng Kanyang Ulo

Sa mainland Tsina, araw-araw ay may panganib sa pananampalataya at pagsunod sa Diyos. Napakahirap ng kapaligiran para dito, maaaring maaresto ang isang tao sa anumang oras. Naranasan na ninyong lahat ang isang kapaligiran kung saan kayo ay tinutugis—at hindi ba’t Ako rin naman? Kayo at Ako ay namuhay sa parehong kapaligiran, kaya’t sa kapaligiran iyon, hindi Ko maiwasang magtago nang madalas. May mga pagkakataong kailangan Kong lumipat ng lugar dalawa o tatlong beses sa isang araw; may mga pagkakataon pa nga na kailangan Kong pumunta sa isang lugar na hindi Ko pinangarap na mapuntahan. Ang mga pinakamahirap na pagkakataon ay iyong wala Akong mapuntahan—nagdaraos Ako ng pagtitipon sa araw, pagkatapos sa gabi, hindi Ko alam kung saan ang ligtas na lugar. Minsan, matapos magpakahirap na makahanap ng lugar, kailangan Ko nang umalis kinabukasan, dahil ang malaking pulang

dragon ay papalapit na. Ano ang iniisip ng mga taong tunay na nananampalataya sa Diyos kapag nakikita nila ang gayong eksena? “Na pumarito ang Diyos sa lupa sa katawang-tao upang iligtas ang tao ay ang halagang Kanyang binayaran. Isa ito sa mga paghihirap na Kanyang naranasan, at tinutupad nito ang Kanyang mga salita na nagsasabing, ‘May mga lungga ang mga zorra, at may mga pugad ang mga ibon sa langit; datapuwa’t ang Anak ng tao ay walang mapaghiligan ng Kanyang ulo’ (Mateo 8:20). Talagang ganito ang mga bagay-bagay—at si Cristo na nagkatawang-tao ay personal na dumaranas ng ganitong paghihirap, katulad ng tao.” Makikita ng lahat ng tunay na nananampalataya sa Diyos kung gaano kahirap ang Kanyang gawain ng pagliligtas sa tao, at dahil dito, mamahalin nila ang Diyos, at pasasalamatan Siya para sa halagang Kanyang ibinayad alang-alang sa sangkatauhan. Ang mga may napakasamang pagkatao, na mapaminsala at ganap na tumatanggi sa katotohanan, gayundin ang mga sumusunod kay Cristo nang dahil lang sa kuryosidad o dahil gusto nilang makakita ng mga himala, ay hindi nag-iisip nang ganito kapag nakikita nila ang mga gayong eksena. Iniisip nila, “Wala kang matutuluyan? Ikaw ang diyos, gumagawa upang iligtas ang mga tao, pero hindi mo man lang mailigtas ang iyong sarili at hindi mo alam kung saan ka tutuloy bukas. Ngayon wala ka man lang matutuluyan—paano ako mananampalataya o susunod sa iyo?” Habang mas nagiging mapanganib ang mga sitwasyon, mas natutuwa sila, iniisip na, “Buti na lang, hindi ko lubusang tinalikuran ang lahat; buti na lang, may nakareserba akong plano. Kita mo? Wala ka nang tahanan ngayon! Alam ko na magkakaganito—wala kang mapagpahingahan ng iyong ulo, at kailangan ko pang tumulong na makahanap ng matutuluyan mo.” Nabunyag na sila, hindi ba? Kung nasaksihan ng mga gayong tao ang eksena ng pagkakapako sa Panginoong Jesus, paano sila aasal? Noong buhat-buhat ng Panginoong Jesus ang krus patungo sa Golgota, nasaan kaya ang mga gayong tao? Patuloy ba nilang masusundan Siya? (Hindi.) Itatatwa nila ang pagkakakilanlan ng Diyos, ang Kanyang diwa, at maging ang Kanyang pag-iral. Tatakas sila, poprotektahan ang kanilang sarili, hindi na sila susunod sa Diyos. Gaano man karaming sermon ang narinig nila noon, naglaho ang lahat ng ito sa kanilang puso, naglaho nang walang bakas. Naniwala sila na totoo at galing sa tao ang lahat ng nakita nila sa harap nila, walang kinalaman sa Diyos. Iniisip nila, “Ang taong ito ay tao lamang; nasaan sa kanya ang pagkakakilanlan o diwa ng diyos? Kung siya ang diyos, magtatago at magkukubli ba siya nang ganito, tinutugis ni Satanas nang walang mapagpapahingahan ng kanyang ulo, walang masisilungan? Kung siya ang diyos, dapat bigla na lang siyang magbagong-anyo at maglaho sa harap ng lahat ng tao kapag siya ay tinutugis, ginagawa iyon para walang sinumang makakita sa kanya, at dapat alam niya kung paano gawing di-nakikita ang sarili niya—iyon ang pagiging diyos!” Sa mapanganib na kapaligiran sa mainland Tsina, may ilang kapatid, nang makita nilang pumunta Ako sa kanilang lugar, na sumugal sa kanilang kaligtasan upang patuluyin at protektahan Ako, habang ang iba naman ay tumakas, naglalaho nang walang bakas. Naaaliw pa ngang nanood ang iba, nakatingin mula sa isang tabi. Sino ang mga taong ito? Sila ang mga hindi mananampalataya, mga

anticristo. Nang makita ng mga taong ito si Cristo na tinutugis mula sa siyudad na ito patungo sa susunod na siyudad, paano nila nauunawaan ang sitwasyong ito? Paano nila naunawaan ito? “Si cristo ay nasa panganib din. Kung maaaresto siya, katapusan na ng gawain ng iglesia, at matitigil na ang gawain ng sambahayan ng diyos. Patutunayan nito na mali ang pinatotohanan ng diyos—na hindi ito nagmumula sa diyos, kundi sa tao. Mabuti pang umuwi na ako para mamuhay ng sarili kong buhay; magpapakayaman na ako!” Ganito ang asal ng isang anticristo. Nang maharap si Cristo sa pagtutugis at walang mapagtaguan at walang lugar na mapagpahingahan ng Kanyang ulo, sa halip na makipagkaisa sa puso upang magdusa kasama ang Diyos at ipagpatuloy ang gawain ng iglesia kasama Siya sa gayong kapaligiran, naging mga tagamasid sila na nanonood at nangutya sa Kanya. Sinulsulan pa nga nila ang iba na magsanhi ng pagkawasak, mga pagkagambala, at kaguluhan, at higit pa rito, nang makita ng ilang tao na wala Akong mapagtataguan at matutuluyan, sinamantala nila ang pagkakataon upang guluhin ang gawain ng iglesia at agawin ang mga ari-arian ng sambahayan ng Diyos. Katulad ito noong ipinako si Jesus sa krus, maraming hindi mananampalataya at anticristo ang nag-isip, “Katapusan na ng iglesia, katapusan na ng gawain ng diyos, ganap na itong winasak ni Satanas. Mabuti pang magmadali na tayong tumakas at simulan na nating paghati-hatian ang mga yaman!” Anuman ang mga sitwasyon na kanilang kinakaharap, palaging ibubunyag ng mga hindi mananampalataya at anticristong ito ang kanilang malulupit na disposisyon, ibinubunyag ang mga tunay na katangian ng mga hindi mananampalataya. Kapag ang iglesia ay nakakaranas ng kahit katiting na problema o masasamang sitwasyon, gusto nila agad na tumakas, sabik na ang lahat ng kapatid ay maghiwalay, umatras, at hindi na sumunod kay Cristo. Taimtim nilang hinihiling na mali ang daloy na ito, at na hindi matapos ang gawain ng Diyos. Ito ang mga tunay na katangian ng mga anticristo. Ito ang saloobin ng mga anticristo kay Cristo kapag nahaharap sa mga gayong sitwasyon.

3. Ang Kanilang Pag-uugali Kapag Nagkakaroon Sila ng mga Kuru-kuro Tungkol kay Cristo

Ang isa pang aytem ay ang mga pagpapamalas ng mga anticristo kapag mayroon silang mga kuru-kuro tungkol sa laman ng Diyos na nagkatawang-tao. Halimbawa, kapag nakikita nila ang Diyos na nagkatawang-tao na gumagawa ng ilang bagay o nagsasabi ng ilang salita na parang tao, kung saan hindi nauunawaan ang kahit anong bakas ng pagka-Diyos, nagkakaroon sila ng paglaban at nagbubunga ng mga kuru-kuro at pagkondena mula sa kaibuturan ng kanilang puso, iniisip nila, “Kahit paano ko siya tingnan, ang taong iyon ay hindi mukhang diyos; mukha lang siyang ordinaryong tao. Kung siya ay mukhang tao, kaya pa rin ba niyang maging diyos? Kung siya ay isang tao, hindi ba’t napakalaking kahangalan ang pagsunod sa kanya nang ganito?” Nagkakaroon sila ng mga kuru-kuro tungkol sa pananalita at mga kilos ni Cristo, tungkol sa estilo ng pamumuhay ni Cristo, sa Kanyang kasuotan at anyo, at maging sa paraan ng Kanyang

pagsasalita, sa Kanyang tono, mga ginagamit na salita, at iba pa—kaya nilang magkaroon ng mga kuru-kuro tungkol sa lahat ng ito. Kapag lumitaw ang mga kuru-kurong ito, paano nila tinatrato ang mga ito? Kinikimkim nila ang mga kaisipang ito at hindi nila pinakakawalan ang mga ito, naniniwala sila na ang paghawak sa mga kuru-kurong ito ay tulad ng pagsunggab sa susi. Iniisip nila na ang “susing” ito ay dumating sa tamang oras, na kapag mayroon sila ng mga kuru-kurong ito, nagbibigay ito sa kanila ng bentaha, at kapag mayroon na silang bentaha, nagiging madali na itong pangasiwaan. Ganito mag-isip ang mga anticristo; pakiramdam nila, ang pagkakaroon ng mga kuru-kuro ay katumbas ng pagkakaroon ng bentaha, at sa gayon ay puwede nilang itatwa si Cristo sa anumang oras at lugar at puwede nilang itatwa ang katunayan na ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos ay nagtataglay ng diwa ng Diyos. Nagtatanong ang ilang tao, “Bakit nagkikimkim ng mga gayong intensyon ang mga anticristo?” Sabihin ninyo sa Akin, ang mga anticristo ba, iyong mga kasamahan ni Satanas, ay umaasam na matagumpay na makokompleto ang gawain ng Diyos, o hindi? (Hindi sila umaasam.) Bakit hindi nila ito inaasam? Ano ang ipinapakita nito? Ang mga anticristo ay likas na tutol sa katotohanan, at ang lahat ng salitang ipinahayag ng Diyos ay ang katotohanan, na lubos nilang kinasusuklaman sa kanilang puso at ayaw nilang pakinggan o tanggapin. Ang mga salita ng Diyos na naglalantad at humahatol sa sangkatauhan ay mga pagkondena sa mga anticristo at masasamang taong ito, at para sa kanila, ang mga salitang ito ay mga pagkondena, paghatol, at pagsumpa, na nagpaparamdam sa kanila ng pagkaasiwa at pagkabalisa kapag naririnig nila ang mga ito. Ano ang iniisip nila sa kanilang puso? “Hinahatulan at kinokondena ako ng lahat ng salitang ito na sinasabi ng diyos. Mukhang hindi maliligtas ang isang tulad ko; ako ang uri ng tao na natitiwalag at tinatanggi. Dahil wala akong pag-asang maligtas, ano pa ang silbi ng pananampalataya sa diyos? Pero ang totoo ay siya pa rin ang diyos, siya ang laman kung saan nagkatawang-tao ang diyos, na nagsalita ng napakaraming salita at may napakaraming tagasunod. Ano ang dapat kong gawin tungkol dito?” Nababalisa sila sa usaping ito; kung wala silang matatamo, ayaw rin nilang may matamo ang iba. Kung matatamo ito ng iba samantalang sila ay hindi, labis silang mamumuhi at madidismaya. Umaasa sila na ang nagkatawang-taong Diyos ay hindi ang Diyos at na ang gawain na Kanyang ginagawa ay huwad at hindi gawa ng Diyos. Kung ganito nga ang kaso, magiging balanse ang pakiramdam nila sa loob nila, at malulutas ang ugat ng problema. Iniisip nila, “Kung ang taong ito ay hindi ang nagkatawang-taong diyos, hindi ba’t nangangahulugan na nalililang ang mga sumusunod sa kanya? Kung ganon nga, magkakawatak-watak ang mga taong ito sa malao’t madali. Kung magkakawatak-watak sila at wala sa kanila ang magtatamo ng anuman, hindi ako makokonsensiya at balanse ang pakiramdam ko na wala akong natamo, tama ba?” Ganito ang kanilang mentalidad; wala silang matamo, kaya ayaw nilang may matamo rin ang iba. Ang pinakamainam na paraan upang pigilan ang iba na may matamong kahit ano ay ang itatwa si Cristo, itatwa ang diwa ni Cristo, itatwa ang gawaing ginawa ni Cristo, at itatwa ang lahat ng salitang

sinabi ni Cristo. Sa ganitong paraan, hindi sila makokondena, at matatanggap nila at payapa sila na wala silang natamong kahit ano, hindi na nila kailangang mag-alala tungkol sa bagay na ito. Ito ang kalikasang diwa ng mga taong tulad ng mga anticristo. Kaya, mayroon ba silang mga kuru-kuro tungkol kay Cristo? At kapag mayroon silang mga kuru-kuro, nilulutas ba nila ang mga ito? Kaya ba nilang bitiwang ang mga ito? Hindi nila kaya. Paano sila nagkakaroon ng mga kuru-kuro? Madali para sa kanila na magkaroon ng mga kuru-kuro: “Kapag nagsasalita ka, sinisiyasat kita, sinusubukan kong intindihin ang motibo sa likod ng iyong mga salita at kung saan nagmumula ang mga ito. Narinig o natutunan mo ba ang mga ito, o may nagturo ba sa iyo na sabihin ang mga ito? May nag-ulat ba o nagsampa ng reklamo laban sa iyo? Sino ang iyong inilalantad?” Ganito sila nagsisiyasat. Kaya ba nilang maunawaan ang katotohanan? Hindi nila kailanman mauunawaan ang katotohanan; nilalabanan nila ito sa kanilang puso. Tutol sila sa katotohanan, nilalabanan nila ito, at kinamumuhian ito, at nakikinig sila sa mga sermon nang may ganitong uri ng kalikasang diwa. Bukod sa mga teorya at doktrina, ang nakakalap lang nila ay mga kuru-kuro. Anong klaseng mga kuru-kuro? “Nagsasalita si cristo sa ganitong paraan, minsan ay nagpapatawa pa siya; hindi iyon kagalang-galang! Gumagamit siya minsan ng mga matalinghagang kasabihan; hindi iyon seryoso! Hindi mahusay ang kanyang pananalita; hindi mataas ang kanyang pinag-aralan! Minsan, kailangan niyang pagmuni-munihan at pag-isipan ang gagamitin niyang mga salita; hindi siya nag-aral sa unibersidad, hindi ba? Minsan, ang kanyang pananalita ay may pinupuntiryang partikular na tao—sino? May nagsampa ba ng reklamo? Sino iyon? Bakit palagi akong pinupuna ni cristo kapag nagsasalita siya? Pinapanood at pinagmamasdan ba niya ako buong araw? Ginugugol ba niya ang buong araw sa pagbubulay-bulay tungkol sa mga tao? Ano ang iniisip ni cristo sa kanyang puso? Ang pananalita ng diyos na nagkatawang-tao ay hindi katunog ng kagimbal-gimbal na tinig ng diyos sa langit na may hindi makukuwestiyong awtoridad—bakit sobrang malatao ang ipinapamalas niya? Tao lang siya, kahit paano ko pa siya tingnan. May kahit anong kahinaan ba ang diyos na nagkatawang-tao? Namumuhi ba siya sa mga tao sa puso niya? Mayroon ba siyang kahit anong pilosopiya para sa mga makamundong pakikitungo sa kanyang mga pakikipag-ugnayan sa mga tao?” Hindi ba’t marami ang mga kuru-kurong ito? (Oo.) Ang mga iniisip ng mga anticristo ay puno ng mga bagay na walang kaugnayan sa katotohanan, pawang nagmumula sa pag-iisip at lohika ni Satanas, mula sa pilosopiya ni Satanas para sa mga makamundong pakikitungo. Sa kaibuturan, puno sila ng kabuktutan, puno ng kalagayan at disposisyon na tutol sa katotohanan. Dumarating sila hindi upang hanapin o matamo ang katotohanan, kundi upang siyasatin ang Diyos. Ang kanilang mga kuru-kuro ay maaaring lumitaw anumang oras, saanmang lugar, at nagkakaroon sila ng mga kuru-kuro habang nagmamasid, habang nagsisiyasat. Nabubuo ang kanilang mga kuru-kuro habang sila ay naghuhusga at nagkokondena, at mahigpit nilang pinanghahawakan ang mga kuru-kurong ito sa kanilang puso. Kapag inoobserbahan nila ang bahagi ng pagiging tao ng Diyos na nagkatawang-tao, nagkakaroon sila ng mga

kuru-kuro. Kapag nakikita nila ang bahagi ng Kanyang pagka-Diyos, nagiging mausisa sila at namamangha sila, na nagiging sanhi rin ng pagkakaroon ng mga kuru-kuro. Ang kanilang saloobin kay Cristo at sa laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos ay hindi saloobin ng pagpapasakop o ng tunay na pagtanggap mula sa kaibuturan ng kanilang puso. Sa halip, sila ay nakatayo sa tapat ni Cristo, pinagmamasdan at sinisiyasat ang Kanyang tingin, mga iniisip, at tindig, at pinagmamasdan at sinisiyasat pa nga ang bawat ekspresyon ni Cristo, pinakikinggan ang bawat klase ng tono, intonasyon ng pagsasalita, at mga salitang ginagamit, at kung ano ang tinutukoy sa pananalita ni Cristo at iba pa. Kapag pinagmamasdan at sinisiyasat ng mga anticristo si Cristo sa ganitong paraan, ang kanilang saloobin ay hindi upang hanapin ang katotohanan at maunawaan ito upang matanggap nila si Cristo bilang kanilang Diyos at matanggap si Cristo bilang kanilang katotohanan at buhay. Sa kabaligtaran, gusto nilang siyasatin ang taong ito, upang lubusang siyasatin at maarok Siya. Ano ang sinusubukan nilang maarok? Sinisiyasat nila kung paano nahahawig sa Diyos ang taong ito, at kung tunay ngang kahawig Siya ng Diyos, tatanggapin nila Siya. Kung gaano man nila Siya siyasatin ay hindi Siya mukhang Diyos, tuluyan nilang binibitiwan ang ideya at patuloy na pinanghahawakan ang mga kuru-kuro tungkol sa nagkatawang-taong Diyos, o, sa paniniwalang walang pag-asang maaaring tumanggap ng mga pagpapala, naghahanap sila ng pagkakataong makaalis kaagad.

Normal lamang para sa mga anticristo na magkaroon ng mga kuru-kuro tungkol sa laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos. Dahil sa kanilang diwa bilang mga anticristo, sa kanilang diwa na tutol sa katotohanan, imposibleng mabitiwan nila ang kanilang mga kuru-kuro. Kapag walang nangyayari, binabasa nila ang aklat ng mga salita ng Diyos at nakikita nila ang mga salitang ito bilang Diyos, pero sa pakikipag-ugnayan sa nagkatawang-taong Diyos at pagkatuklas na hindi Siya kahawig ng Diyos, agad silang nagkakaroon ng mga kuru-kuro at nagbabago ang kanilang saloobin. Kapag hindi nakikipag-ugnayan sa nagkatawang-taong Diyos, hawak lamang nila ang aklat ng mga salita ng Diyos at itinuturing nila ang Kanyang mga salita bilang Diyos, at maaari pa rin silang magkimkim ng isang malabong pantasya at isang intensyon ng pagtanggap ng mga pagpapala upang atubiling magsikap, gumawa ng ilang tungkulin, at gumampan ng isang papel sa sambahayan ng Diyos. Pero, sa sandaling makipag-ugnayan sila sa laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos, napupuno ng mga kuru-kuro ang kanilang isipan. Kahit na hindi sila pinupungusan, maaaring mabawasan nang husto ang kanilang sigasig sa paggawa ng kanilang mga tungkulin. Ganito tinatrato ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos at ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos. Madalas nilang inihihiwalay ang mga salita ng Diyos mula sa laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos, itinuturing ang mga salita ng Diyos bilang Diyos at ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos bilang tao. Kapag ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos ay hindi umaayon o kaya ay lumalabag sa kanilang mga kuru-kuro, mabilis silang bumabaling sa mga salita ng Diyos at dinarasal-binabasa nila ang mga ito, pilit na

sinusubukang supilin ang kanilang mga kuru-kuro at pigilan ang mga ito. Pagkatapos, sinasamba nila ang mga salita ng Diyos na para bang sinasamba nila ang Diyos Mismo, at para bang nalutas na ang kanilang mga kuru-kuro. Gayumpaman, sa realidad, hindi talaga nalulutas ang kanilang panloob na pagsuway, indignasyon, at pagkamuhi kay Cristo. Sa kanilang pagtrato kay Cristo, patuloy na nagkakaroon ng mga kuru-kuro ang mga anticristo at mahigpit nilang pinanghahawakan ang mga ito hanggang kamatayan. Kapag wala silang mga kuru-kuro, nagsisiyasat at nagsusuri sila; kapag mayroon silang mga kuru-kuro, hindi lamang sila nagsisiyasat at nagsusuri, kundi mahigpit din nilang pinanghahawakan ang mga ito. Hindi nila nilulutas ang kanilang mga kuru-kuro ni hinahanap ang katotohanan; sila ay kumbinsidong tama sila. Hindi ba't kay Satanas sila? (Oo.) Ito ang mga pagpapamalas ng mga anticristo kapag mayroon silang mga kuru-kuro tungkol sa Diyos na nagkatawang-tao.

4. Ang Kanilang Pag-uugali Kapag Sila ay Inaangat o Tinatanggal

Sa iglesia, may ilang tao na may kaunting kakayahan at kaunting kapabilidad sa gawain. Kapag inaangat sila, labis silang masigasig, aktibo nilang ginagawa ang kanilang mga tungkulin, umaako sila ng responsabilidad, handang magbayad ng halaga, at may katapatan din. Gayumpaman, kapag tinanggal sila sa kanilang posisyon dahil sa kawalan ng kakayahang magampanan ang gawain at nawala ang kanilang katayuan, nagbabago ang kanilang saloobin sa Diyos. Noong may katayuan sila, ganito sila makipag-usap sa Diyos: “Ang mga kapatid sa ating pamilya ay ganito, ang gusali ng ating pamilya ay kailangang ipagawa, ang bakuran ng ating pamilya ay kailangang linisin....” Tungkol sa “ating pamilya” ang lahat ng bagay. Noong iniangat sila, naging bahagi sila ng sambahayan ng Diyos, tila kaisa sila ng Diyos sa puso, parang pamilya, na kayang asikasuhin ang gawain ng sambahayan ng Diyos nang may pagsasaalang-alang sa puso ng Diyos at nang kasama Niya, at kayang makipag-ugnayan sa Diyos bilang kapantay. Nang iniangat sila at nailagay sila sa isang mahalagang posisyon, nakaramdam sila ng karangalan, at kasabay nito, naramdaman nila ang kanilang responsabilidad. Kapag nakikipag-usap sa Akin o sa mga kapatid, madalas nilang sinasabi ang “ating pamilya.” Kung maririnig mo ito, iisipin mo na hindi naman masama ang taong ito, na may mabuti siyang puso, mabait, itinuturing na sarili niyang tahanan ang sambahayan ng Diyos, labis na nagmamalasakit at may napakalaking responsabilidad sa lahat ng bagay, at maagap na pinag-iisipan ang lahat ng bagay, mukha siyang isang taong naghahangad sa katotohanan at masigasig sa pagbabayad ng halaga. Pero ganito pa rin ba siya magsalita pagkatapos siyang matanggal? Kapag siya ay natanggal, hindi na ganoon ang kanyang lagay ng loob—nawala na ang saloobing iyon. Hindi na niya sinasabi ang “ating pamilya,” at kapag inatasan siyang gumawa ng isang bagay, hindi na siya ganoon kasigasig. Ano ang iniisip niya? “Noong inangat mo ako, may katayuan ako, at buong-puso akong kasama mo. Ngayong wala na akong katayuan, hindi na tayo pamilya, kaya gawin mo ito nang mag-isa. Huwag kang sumangguni sa akin sa kung paano mo ito

ginagawa, at huwag mo nang ipaalam sa akin, wala itong kinalaman sa akin. Magpapasa na lang ako ng mga mensahe para sa iyo at iyon na iyon—gagawin ko nang kaunti ang anumang iutos mo sa akin, pero hindi na ako kaisa ng puso mo.” Pagkatapos ay itinuturing ka niyang tagalabas. Kapag inatasan mo siyang gumawa ng isang bagay, gumagawa lang siya na parang nagtatrabaho siya para sa ibang tao, paimbabaw na iniraraos ang mga bagay-bagay. Dati ay maaaring gumagawa siya ng limang gawain, pero ngayon ay isa o dalawa na lang, iniraraos lang niya ang proseso, nang pabasta-pabasta, gumagawa ng mga paimbabaw na gawain at iyon na iyon. Bakit ganito? Sabi niya: “Noon, buong-puso akong kasama mo, tumutulong sa iyo sa kung anu-anong bagay, itinuturing ang iyong mga usapin bilang aking sariling mga usapin, bilang pareho nating gawain, gumagawa ako sa iyong ngalan. Pero pagkatapos ay basta mo na lang akong tinanggal nang hindi man lang isinasaalang-alang ang aking damdamin! Hindi mo isinasaalang-alang ang aking damdamin—paanong gagawa ako para sa iyo? Kung iaangat ako at bibigyan ako ng katayuan, ayos lang iyon. Pero kung hindi mo ako bibigyan ng katayuan, kalimutan mo na lang ito. Kung may gusto kang ipagawa sa akin uli, hindi na ito magiging kasinghusay ng dati. Kung gagamitin mo ako, kailangan mo akong bigyan ng kasikatan at katayuan. Kung walang katayuan, at uutusan mo lang ako at inaasahan mong gagawa ako ng ilang gawain, nasaan ang pagkilala roon? Dapat may paliwanag!” Ngayon kapag nagsasalita ka, hindi na ito epektibo. Kapag hiniling mo sa kanyang gawin ang isang bagay, hindi na siya kasingdedikado gaya ng dati, hindi na niya iniaalay ang kanyang buong puso at isipan; nagbago na ang kanyang saloobin. Kung hihilingin mo sa kanyang gawing muli ang isang bagay, o kung hihilingin ng sambahayan ng Diyos na gawin niya ang isang bagay, itinuturing niya ito bilang isang karagdagang gawain, bilang isang usapin ng tagalabas, na para bang malaking karangalan na para sa iyo ang paggawa niya nito. Pakiramdam niya na kung hindi niya gagawin ito, tila hindi ito makatarungan, lalo na at nananampalataya siya sa Diyos. Pero kung gagawin man niya ito, ginagawa niya ito nang labag sa loob at iniraraos lamang ito. Bakit niya ito ginagawa? Iniisip niya, “Nagtiwala ako sa iyo nang 100% noon, itinuring ko ang iyong mga usapin na parang aking sariling mga usapin, pero pagkatapos ay binalewala mo lang ako nang ganoon-ganoon na lang, na nakasakit sa puso ko at sa aking pagpapahalaga sa sarili; hindi mo ako binigyang-pansin. Sige, kung hindi ka mabuti sa akin, huwag mo akong sisihin kung wala akong puso. Kung gagamitin mo akong muli, imposible nang maging katulad ako ng dati, dahil nasira na ang ating relasyon. Hindi ako madaling utus-utusan, na darating kapag tinawag at aalis kapag pinaalis. Sino ba ako? Kung hindi lang dahil sa pananampalataya sa diyos, papayag ba akong manipulahin ako nang ganito ng iba?” Kapag natanggal ang mga anticristo at nawala ang kanilang katayuan, maaaring magbago nang husto ang kanilang saloobin. Noong may katayuan pa sila, kahit na tinatawag nilang “ating pamilya” ang sambahayan ng Diyos at madalas nila itong banggitin, hindi talaga nila itinuturing na kanilang sariling usapin ang mga usapin ng sambahayan ng Diyos. Pagkatapos matanggal at mawalan ng katayuan, kung hihilingin

ng sambahayan ng Diyos na gawin nila ang kanilang tungkulin, ayaw nilang gawin ito nang walang negosasyon, at kahit na ganoon, nanghihingi pa sila ng paliwanag o ng isang uri ng pagkilala. Sinasabi pa nga ng ilan, “Noong huli ay tinanggal mo ako, basta mo na lang akong binalewala. Kung gusto mo akong gumawa ng isang bagay ngayon, maliban kung ang taong ginagamit ng banal na espiritu mismo ang makipag-usap sa akin, o ang diyos na nagkatawang-tao mismo ang makipag-usap sa akin, kalimutan mo na!” Sobrang yabang nila! Sabihin ninyo sa Akin, dapat bang gamitin ng sambahayan ng Diyos ang gayong mga tao? (Hindi.) Iniisip nila na mahalaga sila, pero ang totoo, hindi pinahahalagahan ng sambahayan ng Diyos ang gayong mga tao. Kahit gaano pa kahusay ang iyong talento, kakayahan, o kasanayan sa pamumuno, hindi ka gagamitin ng sambahayan ng Diyos. Maaaring magtanong ang ilan, “Dahil ba ito sa ayaw Mong yumukod sa masasamang tao?” Hindi; ito ang atas administratibo ng sambahayan ng Diyos at ang prinsipyo nito sa paggamit ng mga tao. Kung papayagang makahawak ng kapangyarihan ang mga anticristo sa sambahayan ng Diyos, magiging mabuti o masamang bagay ba ito para sa mga kapatid, para sa iglesia? (Masamang bagay.) Kaya bang gawin ng sambahayan ng Diyos ang ganoon kasamang bagay? Hinding-hindi. Bago nabunyag na anticristo sila, atubiling inangat sila ng sambahayan ng Diyos upang magserbisyo. Noong nabunyag na anticristo sila, maaari pa ba silang iangat ng sambahayan ng Diyos? Hindi ito posible. Sila ay nagpapantasya at nangangarap nang gising. Ganito mag-isip ang ilang anticristo: “Hmp, hindi makakakilos ang sambahayan ng diyos nang wala ako. Walang sinuman sa sambahayan ng diyos ang makakagawa ng gawaing ito bukod sa akin. Sino ang makakapalit sa akin?” Gusto ng mga anticristo na magpahayag nang ganito. Ipakita natin sa kanila kung ang gawain ng Diyos ay makapagpapatuloy nang maayos at makokompleto nang wala ang mga anticristong ito sa sambahayan ng Diyos.

Ang maayos na pag-usad at pag-unlad ng iba’t ibang uri ng gawain sa sambahayan ng Diyos ngayon—may kaugnayan ba ito sa pagpapaalis at pagpapatalsik sa lahat ng uri ng anticristo at masamang tao mula sa iglesia? Napakalaki ng kaugnayan nito! Hindi ito napagtatanto ng mga anticristo; hindi nila alam na dahil mismo sa pagpapaalis, pagpapatalsik, at paghihigpit sa kanila kaya maayos na nakakausad ang gawain ng sambahayan ng Diyos—nagayabang pa nga sila at nagrereklamo! Ano ang nirereklamo mo? Iniisip mong may talento at katalinuhan ka, kakayahan at kapabilidad sa gawain, pero ano ang kaya mong gawin sa sambahayan ng Diyos? Ginagampanan lamang ng mga taong ito ang papel ng mga alipin ni Satanas, ng panggugulo at pagsasabotahe sa gawain ng Diyos. Kung wala ang kanilang presensiya, ang buhay iglesia ng mga hinirang na tao ng Diyos, ang buhay ng paggawa sa kanilang mga tungkulin, at ang kanilang pang-araw-araw na buhay ay pawang magiging mas tahimik, mas maayos, at mas payapa—isang bagay na hindi natatanto ng mga anticristo. Sobra ang pagpapahalaga ng mga anticristo sa kanilang mga kapabilidad at hindi nila natatanto kung ano talaga sila. Iniisip nila na hindi makakakilos ang sambahayan ng Diyos kung wala sila, na hindi

maisasakatuparan ang gawain at hindi makapagpapatuloy ang iba't ibang aytem ng propesyonal na gawain kung wala sila. Hindi nila nauunawaan na ang katuwiran at katotohanan ang may kapangyarihan sa sambahayan ng Diyos. Bakit hindi nila alam? Bakit hindi maunawaan ng mga anticristo ang ganoon kasimpleng bagay? Ipinapakita lamang nito na ang mga anticristo ay may diwa na tutol sa katotohanan at mapanlaban dito. Dahil mismo sa tutol sila sa katotohanan at mapanlaban sila sa katotohanan kaya hindi nila alam kung ano ang katotohanan, hindi nila alam kung ano ang mga positibong bagay. Sa kabaligtaran, iniisip nila na ang kanilang mga buktot, mapaminsalang pag-uugali na lumalaban sa Diyos ay mabuti at tama, walang anumang pagkakamali. Naniniwala sila na sila lamang ang nakakaunawa sa katotohanan, tapat sa Diyos, at sila lamang ang karapat-dapat na humawak ng kapangyarihan sa sambahayan ng Diyos. Nagkakamali sila! Ang katotohanan ang may kapangyarihan sa sambahayan ng Diyos. Dapat kondenahin, itakwil, at itiwag ang lahat ng anticristo; hindi sila maaaring magkaroon ng lugar sa sambahayan ng Diyos at maaari lamang silang itakwil magpakailanman.

Ang ilang anticristo ay may taglay na kaunting kaloob, kaunting kakayahan, at kaunting kapabilidad, at bihasa sa pakikipag-agawan sa kapangyarihan. Iniisip nila na sa sambahayan ng Diyos, sila ang dapat na iangat at mailagay sa mahahalagang posisyon. Pero kung titingnan ang sitwasyon ngayon, hindi iyon ang nangyayari. Kinondena, pinaghigpitan, at tinanggihan ang mga taong ito, at pinaalis o pinatalsik pa nga ang iba mula sa iglesia. Hindi nila kailanman inakala na ang mga “dakilang” taong tulad nila, na may mahuhusay na abilidad at labis na pambihirang talento, ay aktuwal na mabibigo sa sambahayan ng Diyos at matatakwil. Sadyang hindi nila ito maunawaan. Kaya, dapat ba tayong patuloy na gumawa sa kanila? Hindi na kailangan. Maaari ka bang mangatwiran sa mga Satanas? Ang pangangatwiran sa mga Satanas ay tulad ng pangangaral sa bingi; iisa lamang ang paraan para mailarawan ang mga Satanas—hindi tinatablan ng pangangatwiran. Tulad ng sinasabi ng ilang tao, “Hinihiling ng diyos na maging matapat ang mga tao, pero ano ba ang mabuti sa pagiging matapat? Ano ang mali sa iilang kasinungalingan, sa panlilinlang sa mga tao? Ano ang mali sa pagiging baluktot at mapanlinlang? Ano ang mali sa pagiging hindi tapat? Ano ang mali sa pagiging tuso, sa pagiging pabasta-basta? Ano ang mali sa paghusga sa diyos? Ano ang mali sa pagkakaroon ng mga kuru-kuro tungkol sa diyos? Ano ang mali sa paghihimagsik laban sa diyos, ano ba ang malaking pagkakamali roon? Hindi naman talaga ito usapin ng prinsipyo!” May ilang tao pa nga na nagsasabi, “Hindi ba’t napakanormal lamang para sa isang taong may kapabilidad na magtatag ng kanyang nagsasariling kaharian? Sa mundong ito, ang lahat ay tungkol sa malaking isda na kumakain sa maliit na isda, isang mundo ng malalakas na tumutugis sa mahihina. Kung may abilidad ka, dapat mong itayo ang iyong nagsasariling kaharian, ano ang mali roon? Ang bawat isa ay may kapangyarihan ayon sa kanilang kakayahan, at dapat nilang pamahalaan ang dami ng tao ayon sa makakaya ng kanilang kapangyarihan!” Sinasabi ng iba, “Ano ang mali sa pagiging malandi? Ano ang problema sa kalandian? Ano ang mali sa pagsunod sa mga

buktot na kalakaran?” At iba pa. Pagkatapos ninyong marinig ang mga salitang ito, ano ang nararamdaman ninyo? (Nasusuklam.) Nasusuklam lamang? Pagkarinig sa mga salitang ito, mararamdaman ng isang tao, “Pareho tayong nakasuot ng balat ng tao, kaya bakit ang ilang tao ay hindi lamang hindi namumuhi sa mga negatibong bagay bagkus ay pinapahalagahan pa ang mga ito? At bakit namumuhi ang ilang tao sa mga bagay na ito? Bakit may ganoong kalaking pagkakaiba sa pagitan ng mga tao? Bakit ang mga taong tutol sa katotohanan at sa mga positibong bagay ay hindi nagmamahal sa mga positibong bagay? Bakit nila pinapahalagahan nang husto ang mga negatibong bagay, itinuturing pa nga ang mga ito bilang kayamanan? Bakit hindi nila makita ang kabuktutan at pagiging kasuklam-suklam ng mga negatibong bagay na ito?” Ang mga gayong pagninilay ay lumilitaw sa puso ng mga tao. Kapag naririnig ang mga salitang iyon mula sa mga anticristo, nakakaramdam ang mga tao ng pagkasuklam sa isang banda at pagkawalang-masabi sa kabilang banda. Hindi na mababago ang kalikasan ng mga gayong tao; hindi nila kayang magbago, kaya sinabi ng Diyos na hindi Niya inililigtas ang mga diyablo o mga Satanas. Ang pagliligtas ng Diyos ay para sa sangkatauhan, hindi para sa mga hayop o mga demonyo. Ang mga taong tulad ng mga anticristong ito ang mismong tinutukoy ng Diyos na mga diyablo at hayop; hindi sila maaaring ibilang sa sangkatauhan. Malinaw ito, hindi ba?

5. Ang Kanilang Pag-uugali sa Iglesia sa mga Nagbabagong Sitwasyon

Depende sa lagay ng loob ng mga anticristo ang kanilang pagtrato kay Cristo—ilang aspekto ng aytem na ito ang napagbahaginan ngayon-ngayon lang? Tinatratong nila si Cristo sa isang partikular na paraan kapag nahaharap sa pagpupungos, isang aspekto iyon. Ano pa? (Kapag nagkakaroon sila ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos na nagkatawang-tao, kapag iniaangat o tinatanggal sila, at kapag tinutugis si Cristo.) Sa kabuuan, apat na aspekto iyon. Ipagpatuloy natin ang pagbabahaginan. Tutol ang mga anticristo sa katotohanan, kaya nananampalataya sila sa Diyos hindi upang matamo ang katotohanan—nananampalataya sila sa Diyos upang makatanggap ng mga pagpapala; mayroon silang sariling mga plano, layunin, at adhikain. Bukod dito, gusto nila ang kapangyarihan at impluwensiya, kaya nananampalataya sila sa Diyos nang may saloobin ng paghihintay at pagmamasid muna. Paano sila naghihintay at nagmamasid? Ibig sabihin, habang nananampalataya sila, nagmamasid din sila kung dumarami ang bilang ng mga tao sa sambahayan ng Diyos, kung paano lumalaganap ang gawain ng ebanghelyo, kung maayos ba ito o hindi, at kung patuloy bang lumalawak ang impluwensiya ng sambahayan ng Diyos. Bukod dito, nagmamasid din sila kung dumarami ba ang bilang ng mga tao na gumagawa ng kanilang mga tungkulin sa sambahayan ng Diyos, kung dumarami ba ang mga taong handang magserbisyo para sa Diyos, at kung dumarami ba ang mga taong handang gumawa ng mga bagay para sa sambahayan ng Diyos. Nagmamasid din sila sa pinagmulan sa lipunan at antas ng edukasyon ng mga gumagawa ng tungkulin sa sambahayan ng Diyos, kung ano talaga ang kanilang pagkakakilanlan at katayuan sa

lipunan. Sa pamamagitan ng pagmamasid, nakikita nila na parami nang parami ang mga taong nananampalataya sa Diyos, dumarami ang bilang ng mga tao sa sambahayan ng Diyos, at mas maraming tao ang handang talikuran ang kanilang mga pamilya, trabaho, at mga kinabukasan upang gawin ang kanilang mga tungkulin sa sambahayan ng Diyos. Kapag napapansin nila ang mga bagay na ito, nararamdaman nila na hindi na sila puwedeng manatiling walang kibo at na dapat na rin silang maggugol ng kanilang sarili sa gawain ng sambahayan ng Diyos, sa hanay ng mga gumagawa ng mga tungkulin, upang maging kasapi para magkaroon din sila ng bahagi sa mga pagpapala sa hinaharap. Bagama't puwede nilang gawin ang kanilang mga tungkulin sa sambahayan ng Diyos at gumampan ng papel doon, hindi nila kailanman isinusuko ang kanilang mga kinabukasan at kapalaran, at patuloy silang nagkakalkula sa kanilang puso. Dahil ang grupong ito, ang mga anticristong ito, ay may mga gayong ambisyon at disposisyon, tinutukoy nito na ang kanilang saloobin kay Cristo at sa Diyos ay magbabago habang patuloy na tumataas ang katayuan at kasikatan ng sambahayan ng Diyos. Samakatwid, sa proseso ng paggawa ng kanilang mga tungkulin, sa isang banda, masigasig silang nagpaplano, nagkakalkula, at namamahala para sa kanilang sariling mga kinabukasan at kapalaran; sa kabilang banda, nagmamasid din sila sa pag-unlad ng sambahayan ng Diyos, sa impluwensiya nito sa ibang bansa at sa lokal, kung unti-unti bang dumarami ang bilang ng mga tao, kung patuloy bang lumalawak ang saklaw ng iglesia, kung nakikipag-ugnayan ba ang iglesia sa ilang kilalang tao sa lipunan, kung nakamtan ba nito ang isang antas ng katanyagan sa Kanluran, at kung nakapagtatag na ito ng matibay na pundasyon. Patuloy nilang binabantayan at inaalam ang mga bagay na ito. Kahit ang ilang tao na hindi sumasali sa gawain ng iglesia at hindi ginagawa ang kanilang mga tungkulin ay patuloy na nagkakalkula para sa kanilang sariling mga kinabukasan at kapalaran, nagpapakita ng malaking kuryosidad sa pag-unlad ng iglesia. Kaya, hinahanap nila ang impormasyong ito sa website ng iglesia at nagtatanong-tanong din sila tungkol sa mga bagay na ito sa loob ng iglesia. Kapag nalaman nila na maayos na lumalaganap ang gawain ng sambahayan ng Diyos sa ibang bansa at nagiging mas puno ng pag-asa, na mas maayos na lumalaganap ang gawain sa Kanluran at umuunlad ang sitwasyon, nakakaramdam sila ng kapanatagan sa kanilang puso. Nagpapahiwatig ba ng tunay na pagbabago sa kanila ang pakiramdam nila ng kapanatagan? (Hindi.) Habang nakakaramdam sila ng kapanatagan, ang kanilang saloobin sa Diyos na nagkatawang-tao, kay Cristo, ay kaunti pang “pagrespeto” at paghanga lamang, walang tunay na pagpapasakop.

Nang si Cristo ay gumagawa sa mainland Tsina, madalas na napapaisip ang mga anticristo, “Puwede bang maaresto ang diyos na nagkatawang-tao? Puwede ba siyang mapasakamay ng mga namamahalang awtoridad?” Nang mag-isip sila nang ganito, nagkaroon sila ng kaunting paghamak sa “maliit na taong ito.” Nang marinig nila na madalas walang matatawag na tirahan ang Diyos na nagkatawang-tao, walang lugar kung saan maihihilig ang Kanyang ulo, at nagtatago kung saan-saan para maiwasang maaresto, tuluyang nawawasak ang kanilang kaunting kuryosidad at atubiling “pagrespeto” para

sa Diyos na nagkatawang-tao. Gayumpaman, nang mabalitaan nila na ang Diyos na nagkatawang-tao, si Cristo, ay nasa Estados Unidos, sa lupain ng kalayaan na pinapangarap ng sangkatauhan, nakaramdam sila ng inggit sa Diyos na nagkatawang-tao—hindi respeto, kundi inggit. Pero nang mabalitaan nila na ang Diyos na nagkatawang-tao ay nasa Kanluran, na tinanggihan, siniraan, kinondena, at hinusgahan kabilang sa sangkatauhan, nakaramdam ng matinding pagkabagabag sa kaibuturan ng kanilang puso ang mga anticristo: “Ikaw ay diyos, bakit hindi ka tinatanggap ng mga tao? Ikaw ay diyos, bakit hindi ka tinatanggap ng mundo ng relihiyon, sa halip ay nagpapakalat ito ng napakaraming walang batayang tsismis tungkol sa iyo? Bakit hindi mo ipagtanggol ang iyong sarili? Dapat kang kumuha ng isang grupo ng mga abogado! Tingnan mo ang mga mapanirang-puring salita sa online, ang mga tsismis na ginawa ng mundo ng relihiyon na pinagmumukha kang napakasama! Nahihiya kaming sumunod sa iyo, at nakakaasiwa ring banggitin ang mga bagay na ito. Kinokondena ka sa Silangan at sa Kanluran, tinatanggihan ng mundo ng relihiyon, ng sangkatauhan, ng mundong ito. Nakakawalang-dangal ang sumunod sa iyo.” Ito ang mentalidad ng mga anticristo. Habang nakakaramdam ng kawalang-dangal sa kanilang puso, nagkakaroon din sila ng paghamak at pagsimpatya—isang labis na nag-aatubiling pagsimpatya—para sa “maliit na taong ito” ayon sa kanilang nakikita sa Kanya sa kanilang mga mata at puso. Paano lumitaw ang ganitong pagsimpatya? Naisip nila, “Gumagawa ka ng gayong napakadakilang gawain nang hindi nag-aalala tungkol sa personal na kapakinabangan o kawalan, na puwedeng ituring na walang pag-iimbote na dedikasyon. Ano ba ang nilalayon mo sa pagtitiis ng gayong katinding pagdurusa at pamamahiya? Sa lohikal na pagsasalita, tiyak na mabuti kang tao; kung hindi, paano mo natitiis ang gayong napakatinding pamamahiya at ang gayong napakatinding pasakit? Nakakaawa ito at hindi madali; tiyak na agrabyado ang pakiramdam mo sa iyong puso.” Kaya, nakaramdam sila ng kaunting simpatiya para kay Cristo. Nagnilay sila, “Kung ako ito, hindi ko kayang tiisin ang gayon katinding pagdurusa; ipagtatanggol ko ang sarili ko sa sangkatauhan. Sa isang banda, kukuha ako ng isang grupo ng mga abogado para burahin ang mga maling tsismis sa online, at sa kabilang banda, magpapakita ako ng ilang himala at kababalaghan sa mundo ng relihiyon para makita nila kung sino ang diyos—kung sino ang totoo at sino ang huwad—para patahimikin ang bibig ng mga naninira at kumokondena, para parusahan sila at turuan sila ng leksiyon. Hindi ba’t hindi na sila maglalakas-loob na gawin pa ito? Bakit hindi mo gawin iyon? Bakit hindi mo kailanman ipinagtatanggol ang sarili mo? Dahil ba wala kang kapangyarihan, lakas ng loob, o tapang? Ano ba talaga ang nangyayari? Dahil ba sa kaduwagan? Hay, napakarami mong itinatago sa iyong puso, tinitiiis mo ang napakalaking kawalang-katarungan at nananatili kang tahimik, patuloy na pinalalaganap ang gawain, at matiyaga at taimtim na kinakausap ang mga tao sa iglesia, tinutustusan sila, pero palagi silang may mga kuru-kuro at mapaghimagsik. Siguradong nagdurusa ang iyong puso! Dahil nakikita ko na kaya mong tiisin ang lahat ng ito, talaga ngang mabuti kang tao, karapat-dapat sa simpatiya.” Ganoon nabuo ang kanilang pagsimpatya. Ito ang

simpatiya ng mga anticristo. Mula sa umpisa ng paglalantad sa mga anticristo hanggang ngayon, ito lamang ang uri ng “kabutihan” na kanilang nagawa. Gaano kahusay na nagawa ang “kabutihang” ito? Tunay ba ito? (Hindi.)

Sinusundan ng mga anticristo si Cristo at tinanggap nila ang mga salita na sinabi ni Cristo sa loob ng maraming taon, pero hindi nila kailanman naramdaman na karangalan ang magawang tanggapin si Cristo bilang kanilang Tagapagligtas sa buhay na ito, at hindi rin nila kailanman naramdaman na karangalan ang magdusa tulad ng pagdurusa ni Cristo, ang makondena at maitakwil ng mundo tulad ni Cristo. Sa halip, itinuturing nila ang mga pagdurusa ni Cristo bilang kalamangan at ebidensiya para hamakin at itatwa si Cristo. Wala silang kahandaan o saloobin na makibahagi sa lahat ng pagdurusang ito kasama si Cristo. Sa halip, nakatayo lamang sila at nanonood, pinagmamasdan ang lahat ng pagdurusang tinitii ni Cristo, pinagmamasdan kung paano tinatrato ng sangkatauhan si Cristo, at ibinabatay nila ang kanilang pagtrato kay Cristo sa mga obserbasyong ito. Kapag ipinoproklama ang pangalan ng Diyos at unti-unting lumalaganap ang gawaing ebanghelyo sa lahat ng sangkatauhan, at mukhang maganda ang kinabukasan ng gawaing ebanghelyo, unti-unting lumalapit sa Diyos na nagkatawang-tao ang mga anticristo, nakakaramdam ng kaunting respeto at inggit sa Kanya. Kasabay nito, pinagsisikapan nila nang husto na makalapit sa sambahayan ng Diyos, nagsisikap na maging miyembro ng sambahayan ng Diyos at bahagi ng pagpapalaganap ng gawain ng Diyos. Ganoon lang ba iyon? Ganoon lang ba kasimple? Hindi; binabago nila ang kanilang saloobin sa sambahayan ng Diyos at kay Cristo batay sa kalagayan ng pagpapalawak ng iba’t ibang proyekto ng gawain sa sambahayan ng Diyos, ginagawa ito sa anumang oras at lugar. Kung maririnig nila na sa sangkatauhan, at lalo na sa Kanluran, sinasabi ng isang partikular na lahi ng mga tao, “Tunay na mga salita ng Diyos ang mga salitang ito, talagang may awtoridad ang mga ito! Mula sa mga salita ng Diyos, nakikita namin ang diwa ng Diyos, nakakasiguro kaming Diyos ang ordinaryong taong ito, at ang daang ito ang tunay na daan,” lihim na nagagalak sa kanilang puso ang mga anticristo: “Buti na lang hindi ako umalis; ito nga ang tunay na daan! Tingnan mo, maging ang mga taga-Kanluran ay nagsasabi kung nasaan ang diyos na nagkatawang-tao. Dapat kong pakinggan pa ang kanyang mga salita, kailangan kong magmadali at makinig sa mga sermon!” Sa sandaling ito, nararamdaman ng mga anticristo na ang tinig ng Diyos ay napakaganda, labis na nagpapadalisay sa kanilang kaluluwa, at nararamdaman nilang dapat itong pahalagahan. Gayumpaman, kapag paminsan-minsang nahaharap sa mga kabiguan ang sambahayan ng Diyos sa pagpapalaganap ng gawain nito sa ibang bansa at sa sangkatauhan, o kapag nagugulo at naapektuhan ang gawain ng sambahayan ng Diyos, napapakialaman ng mga panlabas na puwersa, o kahit kapag nakakaranas ng ilang paghihirap ang sambahayan ng Diyos, muling nababahala sa kanilang puso ang mga anticristo: “Nasaan ang diyos na nagkatawang-tao? Nagsasalita ba siya? Paano pinangangasiwaan ang usaping ito? Itinatama ba ng diyos ang mga bagay-bagay? Natakot ba ang hinirang na mga tao ng diyos? May mga

umalis na ba sa sambahayan ng diyos? May mga kilalang tao o mataas na tao ba mula sa mundo sa labas na nagsasalita o kumikilos para sa sambahayan ng diyos, o naninindigan para dito? Balita ko ay wala. Ano ang dapat gawin kung gayon? Katapusan na ba ng iglesia ng diyos? Dapat na ba akong umalis habang may pagkakataon pa?" Malaki ba ang kaguluhang ito? Sa sandaling ito, kapag nakikinig silang muli sa mga sermon ng Diyos, iniisip nila: "Huwag ka nang magsalita tungkol sa mga walang kabuluhang salitang iyon o magsalita pa nang napakatayog. Hindi na kita pinakikinggan ngayon. Puwedeng lamunin ng mundo ang sambahayan ng diyos anumang sandali; ano pa ang silbi ng mga salitang iyon? Maililigtas ba ng mga ito ang mga tao? Puwedeng mawala sa isang iglap ang impluwensiya ng sambahayan ng diyos; magkakawatak-watak ang mga tao nito nang ganoon-ganoon lang." Ayaw na nilang makinig sa sinasabi Ko. May natitira pa bang respeto? May natitira pa bang simpatiya? (Wala na.) Ano ang natitira? Ang kagustuhan na lamang na manood at mangutya. Nagsasabi ang ilang tao ng masasamang bagay kapag walang nakaririnig, nagsasabi ng mga nakapipinsalang salita, at nagagalak sa mga kasawian ng sambahayan ng Diyos: "Sa tingin ko may paparating na problema, sa tingin ko ay hindi ka makakapanindigan. May silbi ba ang mga katotohanang iyon? Epektibo ba ang iyong mga salita? Ano na ngayon? Dumating na ang problema, hindi ba?" Lumilitaw ang kanilang pagkademonyo. Hindi ba't lahat ng ginagawa ng mga anticristo ay kagaya ng gagawin ng mga diyablo? Wala sila ng kahit na pinakabatayang moralidad ng tao; lubos silang buktot, kinakagat ang kamay na nagpapakain sa kanila! Kumakain sila mula sa sambahayan ng Diyos, tinatamasa ang pagtustos ng mga salita ng Diyos, tinatamasa ang proteksiyon at biyaya ng Diyos, pero sa unang tanda ng problema, pumapanig sila sa mga tagalabas, ipinagkakanulo ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, at nagagalak sa mga kasawian nito. Ano sila, kung hindi mga diyablo? Sila ay mga diyablo mula ulo hanggang paa! Kapag nakikita nilang nagiging maganda ang takbo ng sambahayan ng Diyos, lumuluhod sila agad sa harap ng Diyos na nagkatawang-tao, na para bang mga tagasunod sila ng Diyos. Pero kapag nakita nilang kinukubkob at kinokondena ni Satanas ang sambahayan ng Diyos, hindi na sila nagpapatirapa sa harap ng Diyos. Sa halip, tumatayo sila nang may dignidad, naniniwalang masyado silang marangal para lumuhod sa kahit na sino, sabik na naghihintay na kutyain ka. Nagiging mas malakas din ang tono at lakas ng kanilang pananalita kapag kinakausap ka nila; nagsisimula silang magsalita na parang isang opisyal, kumikilos nang hindi normal, lumilitaw ang kanilang malademonyong tindig, mabilis na nagbabago. Sabihin mo sa Akin, kailan matatakot ang mga taong ito sa Diyos? (Hindi kailanman.) Mismo, totoong-totoo ang pahayag na iyan. Kauri ni Satanas ang mga taong ito; hindi sila kailanman matatakot sa Diyos dahil hindi nila tinatanggap ang katotohanan—kay Satanas sila. Ito ang satanikong kalikasang diwa, kahindik-hindik na mukha ng mga anticristo, na kay Satanas. Palagi silang handang kutyain ang sambahayan ng Diyos, palaging naghahanap ng pagkakataon na laitin ang Diyos na nagkatawang-tao, palaging naghahanda at nagtitipon ng mga materyal para itatwa si Cristo at itatwa ang diwa ng

Diyos, at palagi silang handang pumanig sa mga tagalabas at ipagkanulo ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Kapag mas maraming problema ang kinakaharap ng sambahayan ng Diyos, mas masaya at mas nagagalak ang mga anticristo. Kapag normal na nagagawa ng mga kapatid ang kanilang mga tungkulin at maayos ang lahat ng tungkol sa gawain sa sambahayan ng Diyos, hindi sila komportable at hindi nasisiyahan, nagnanais na dumating agad ang mga problema sa sambahayan ng Diyos, umaasang hindi magpapatuloy nang maayos ang gawain ng sambahayan ng Diyos, na makakaranas ito ng mga pagkabigo at balakid. Sa madaling salita, kung maayos ang lahat sa sambahayan ng Diyos, at normal na nagagawa ng mga kapatid ang kanilang mga tungkulin at kumikilos ayon sa mga katotohanang prinsipyo, walang kagalakan sa kanilang puso ang mga anticristo. Kapag nakikinig sa mga salita ng Diyos ang mga kapatid, nagsasagawa ayon sa Kanyang mga salita, dinadakila ang Diyos at si Cristo, at nagagawang magpatotoo at dakilain si Cristo, ito ang pinakahindi-makayanan na panahon para sa mga anticristo, ang panahon na sila ay pinakahinahatulan at pinakanahihirapan.

Nagtatanong ang mga anticristo tungkol sa iba't ibang balita sa sambahayan ng Diyos. Kung hindi nila malaman sa loob ng mahabang panahon kung paano umuusad ang pagpapalaganap ng gawain ng ebanghelyo sa sambahayan ng Diyos, kung paano umuunlad ang iba't ibang propesyonal na gawain sa sambahayan ng Diyos, kung maayos bang nagpapatuloy ang mga ito, kung dumarami ba ang bilang ng mga tao sa ibang bansa, kung lumalawak ba ang saklaw ng iglesia, kung naitatag na ba sa iba't ibang bansa ang mga iglesia, o kung hindi nila mabalitaan na mas maraming nag-aasam na indibidwal o mga kilalang tao sa lipunan ang pumapasok sa sambahayan ng Diyos, pakiramdam nila na nakakaburyo at hindi interesante ang pananampalataya sa Diyos na nagkatawang-tao. Tumitigil sila sa pagbibigay-pansin sa Diyos na nagkatawang-tao at naiisipan pa nga nilang sumali sa ibang mas masigla o mas maimpluwensiyang mga denominasyon. Gayumpaman, kapag minsan ay nakakarinig sila ng ilang magandang balita tungkol sa sambahayan ng Diyos, tulad ng mga video ng mga patotoo ng mga kapatid na nakakakuha ng interes at nakakakuha ng malaking atensiyon mula sa ilang organisasyon ng karapatang pantao, napupuno ng kaligayahan, pag-asa, at kagalakan ang kanilang puso. Halimbawa, kung napapansin o ibinabalita ng isang kilalang grupo ang sambahayan ng Diyos, mas lalo silang natutuwa at nasasabik: "Mukhang hindi naman talaga simple ang ordinaryong taong ito; mukhang may makakamit siyang isang dakilang bagay!" Kung ang pangalan ng iglesia ay masuwerteng mabanggit ng isang kilalang tao o maging ng isang lider, mas lalong napupukaw ang mga anticristo: "Sa buhay na ito, ginawa ko ang pinakamalaki at pinakatamang desisyon, iyon ay ang sumunod sa makapangyarihang diyos. Mula ngayon, napagpasyahan kong hindi na kailanman iwan ang makapangyarihang diyos, na ituring siya bilang diyos, at igalang siya sa aking puso, dahil ang diyos na ito ay iginagalang ni Ganito at ganoong lider. Kung iginagalang siya ng lider na ito, dapat ko rin siyang igalang. Nabanggit at kinilala ng mga lider ang diyos na ito, kaya ano pa ang pagsisisihan kung mananampalataya at

susunod sa kanya? Hindi ba't dapat ko siyang sundan nang mas matatag? Mula ngayon, determinado akong hindi na kailanman maisip pa ang ideya ng pag-alis sa ang iglesia ng makapangyarihang diyos. Dapat kong pagbutihin ang aking paggampan, pagtiisan ang mas maraming pagdurusa, magbayad ng mas malaking halaga, sumangguni nang mas madalas sa mga kapatid kapag gumagawa ng mga bagay, at sundin kung ano man ang sinasabi ng iglesia. Baka sa hinaharap, habang lumalawak at mas nakikilala ang iglesia, baka makakuha ako ng mataas na ranggo at maging tanyag!" Habang iniisip ito, sa kanilang puso ay natutuwa sila: "Sobrang ganda, sobrang tama ng naging desisyon ko! Napakatalino ko! Naisip ko pang umalis noon—napakahangal at mangmang ko noon! Bata pa ako noon at padalos-dalos, madaling gumawa ng mga maling desisyon at paghusga. Ngayong mas matanda na ako, naging mas matatag na ako at alam ko na kung paano magtago, at sa wakas nakakita na ako ng pag-asa. Buti na lang hindi ako umalis, hindi ako naniwala sa mga tsismis na iyon, at hindi ako nalihis o naimpluwensiyahan ng mga iyon. Napakamapanganib niyon! Kailangan kong maging mas maingat sa hinaharap. Mukhang extraordinary ang taong ito, at kailangan ko siyang tratuhin nang mabuti!" Sa kanilang pagkasabik at pagpapadalos-dalos, bumili sila ng ilang produktong pangkalusugan at ng ilang magandang bagay upang ihandog, isinulat sa mga ito: "Iniaalay sa aking minamahal na Diyos, kasama ang mga sumusunod na bagay." Sa ibaba, nilagdaan nila: "Espesyal na ipinresenta, magalang na isinumite ni Ganito at ganoong tao sa ganito at ganoong petsa." Isang espesyal at mahalagang regalo ito, pero may kuwento, may lihim na motibo sa likod nito. Kapag narinig ninyo ito, hindi ba't sasabihin ninyo, "Ganito Mo ba nauunawaan ang mga alay na ibinibigay ng mga tao sa Diyos"? Hindi sa nauunawaan Ko ito sa ganitong paraan, at hindi lahat ng tao ay kumikilos sa ganitong paraan, at hindi lahat ng alay ay may ganitong mga motibo. Gayumpaman, hindi maikakaila na talagang naiimpluwensiyahan at inuudyukan ng mga gayong layunin at gayong pinagmulan ang pag-aalay ng ilang tao. Obhetibong pananaw ba ito? (Oo.)

Kapag kinakalkula ng mga anticristo ang lahat ng bagay sa kanilang isipan, sariling interes ang kanilang pangunahing isinasaalang-alang. Makasarili at kasuklam-suklam sila, may sariling kalkulasyon sa lahat ng bagay. Tungkol sa pag-usad ng iba't ibang gawain sa sambahayan ng Diyos, karamihan sa mga naghahangad sa katotohanan, pati na rin ang karamihan sa mga ordinaryong mananampalataya, ay hindi nais malaman o usisain ang tungkol sa mga usaping ito, dahil walang kaugnayan sa paghahangad sa katotohanan ang pagkaalam sa mga pangkalahatang usaping ito. Walang silbi ang kaalaman tungkol sa mga ito; hindi ibig sabihin na may taglay kang buhay o katotohanan, ni hindi rin nangangahulugan na ang hindi pagkaalam sa mga ito ay nagpapahiwatig na maliit ang tayog mo. Ang mga usaping ito ay walang kaugnayan sa katotohanan at hindi nakakatulong sa pag-unawa sa katotohanan o sa pagkakaroon ng takot sa Diyos. Isang antas ito na puwedeng marating ng mga taong may katwiran. Gayumpaman, kumakapit nang mahigpit ang mga anticristo sa mga usaping ito, itinuturing ang mga ito bilang ang pinakamataas na katotohanan. Nagtatanong sila at nangangalap ng impormasyon

tungkol sa mga usaping ito. Pagkatapos mangalap ng impormasyon tungkol sa mga usaping ito, hindi nila ito sinasarili; ipinapakalat nila ito sa lahat ng lugar, naniniwala silang mausisa ang bawat kapatid tungkol sa mga bagay na ito, kahit sa realidad, maraming tao ang hindi interesado. Ako mismo ay bihirang magtanong tungkol sa mga bagay na ito. Kung sakaling makatagpo Ko ang isang taong sangkot, maaaring mag-usap kami tungkol dito, pero hindi Ako aktibong naghahanap ng mga tao para magtanong. May isang sitwasyon lamang kung saan nagtatanong Ako: tungkol sa kung paano dapat gawin ang ilang gawain, ang pag-usad ng inyong gawain, at kung may mga problema o pagkukulang ba. Sa sitwasyon lamang na ito Ako nagtatanong, pero bukod dito, talagang hindi Ako nagtatanong dahil sa kuryosidad o alalahanin. May kinalaman lamang sa gawain ang mga tanong Ko, hindi sa pinagmulan ng impormasyon o kuryosidad. Ang mga anticristo, na hindi nagmamahal sa katotohanan, ay mahilig usisain ang mga bagay na ito, at may partikular silang layon sa paggawa nito. Ginagamit nila ang mga panlabas na sitwasyon at kapaligiran, kabilang na ang mga kalagayan ng iglesia sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang denominasyon, lahi, at grupong etniko, para hatulan ang pagiging tama o mali ng gawain ng Diyos at para hatulan pa nga kung si Cristo ba ang Diyos. Anong klaseng mga nilikha sila? Nananampalataya ba sila sa Diyos? Malinaw na sila ay mga hindi mananampalataya. Gaano man karaming katotohanan ang iyong pagbahaginan, hindi nila ito marinig o maunawaan. Gayumpaman, nagtatanong sila nang sobrang detalyado tungkol sa mga panlabas na pagsusuri ng iglesia at sa katayuan at sitwasyon ng iglesia sa iba't ibang bansa, halos hindi na sila maipag-iiba sa mga hindi mananampalataya. Ito ang mga pagpapamalas ng mga hindi mananampalataya na may lihim na adyenda. Mayroon bang mga gayong tao sa paligid ninyo? Maaaring hindi ninyo napansin. Sa tuwing nagtitipon tayo at inilalantad natin ang iba't ibang diwa ng mga anticristo, nakokondena ang ilan sa mga taong ito. Kapag nabubunyag, nagkukubli ang kanilang tunay na kulay, at hindi sila naglalakas-loob na ipakita ang kanilang sarili. Lalo na pagkatapos ng pagbabahaginang ito, may ilang tao na hindi na maglalakas-loob na magtanong. Pero kahit hindi na sila maglakas-loob na diretsahang magtanong, patuloy pa rin silang nangangalap ng mga sabi-sabi kapag walang nakatingin. Tumitigil sila sa pagtatanong sa mga kapatid pero palihim na nagtatanong sa internet. Bukod dito, nagsusumikap silang malaman kung ano ang iniisip at sinasabi ng mga walang pananampalataya, mga denominasyon, at mga bansang Kanluranin tungkol sa ating iglesia, halos parang nababaliw na sila. Hindi ba't medyo kabaliwan na ito? Nahuhumaling sila, hindi nila mapigilan ang kanilang sarili. Imposibleng mapangatwiran ang mga taong hindi nagmamahal sa katotohanan at tutol sa katotohanan.

Ang inilantad natin kanina ay kung paano tinatrato ng mga anticristo ang iglesia at ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos ayon sa mga kalagayan ng iglesia at sa pagpapalaganap ng gawain ng Diyos. Isang aspekto ito ng kung paano tinatrato ng mga anticristo si Cristo batay sa kanilang lagay ng loob. Nangyayari ba sa iglesia ang mga bagay na ito na tinalakay Ko? Seryoso ba ang mga usaping ito? Karapat-dapat

bang banggitin ang mga ito? (Oo.) Ano ang halaga ng pagbabahaginan tungkol sa mga bagay na ito? Ibig bang sabihin na pagkatapos marinig ito, hindi na maglalakas-loob ang ilang tao na magtanong tungkol sa mga bagay na ito, hindi na maglalakas-loob na maging mausisa tungkol sa sitwasyon at kalagayan ng iglesia? Iyon ba ang tanging halaga? (Hindi.) Kung gayon, ano ang halaga sa paglalantad ng mga bagay na ito? Anong katotohanan ang dapat maunawaan ng mga tao mula rito? Kung hindi pa ninyo ito napag-iisipan, puwede kayong hindi magsalita. Ibabahagi Ko ito sa inyo sa huli. Ang mga usaping ito ay masyadong malayo sa inyo, kaya maaaring mahirapan kayong ipahayag agad ang mga ito. Kailangan ninyong pag-isipan at ayusin ang inyong mga salita; maaaring hindi ninyo alam kung saan magsisimula, o maaaring hindi ninyo ito maipahayag nang malinaw. Ang dami ng mga bagay na nauunawaan ng mga tao ay napakakaunti, kaawa-awa talaga. Ang hindi magawang ipaliwanag nang malinaw ang diwa at dahilan ng isang usapin ay isang palatandaan ng hindi nakikilatis ang mga bagay-bagay.

Kapag nananampalataya ang mga tao sa Diyos sa langit at ginugugol nila ang kanilang sarili at ginagawa ang kanilang mga tungkulin para sa Diyos, masasabi na pare-pareho lang para sa mga tao ang konsepto ukol sa iglesia, sa sambahayan ng Diyos, at sa Diyos. Itinuturing na paggugol ng sarili para sa Diyos ang paggawa sa tungkulin ng isang tao sa iglesia; ang paggawa ng mga bagay para sa sambahayan ng Diyos ay pareho sa paggawa ng mga bagay para sa iglesia, at ito rin ay pagiging tapat sa Diyos at pagtanggap sa atas ng Diyos. Puwedeng talakayin ang mga ito nang palitan at itinuturing bilang iisang konsepto. Gayumpaman, kapag nagiging tao ang Diyos at nagpapakita bilang isang ordinaryong tao, para sa karamihan ng mga tao, ang iglesia, ang sambahayan ng Diyos, at ang Diyos (ibig sabihin, si Cristo) ay madaling paghiwa-hiwalayin. Iniisip ng mga tao, “Ang paggawa ng mga bagay para sa iglesia ay pareho ng paggawa ng mga bagay para sa sambahayan ng Diyos, para sa Diyos; ang paggawa ng mga bagay para sa sambahayan ng Diyos ay paggawa ng tungkulin. Pero pagdating sa paggawa ng mga bagay para kay Cristo, hindi ako masyadong sigurado. Hindi ba’t nagpapahiwatig iyon ng pagseserbisyo sa isang tao? Para itong paggawa para sa isang tao.” Sa kaibuturan ng puso ng marami, mahirap na pag-ibahin nang malinaw at pag-ugnayin ang tatlong ito. Para sa karamihan ng mga tao, kapag ginagawa nila ang kanilang mga tungkulin sa sambahayan ng Diyos, ito ang kanilang pangunahing konsepto sa kung para kanino nila ginagawa ang kanilang mga tungkulin: Kapag ginagawa nila ang kanilang mga tungkulin sa loob ng iglesia, ginagawa nila ang kanilang mga tungkulin alang-alang sa entidad na siyang ang iglesia, ang designasyong ito. Kung gayon, sino ang tinatawag na nakatataas sa iglesia? Siyempre, ito ang Diyos sa langit, na hindi makukuwestiyon sa isipan ng lahat. Nauunawaan ng karamihan ng mga tao bilang pagseserbisyo sa titulo at grupo ng mga kapatid ang paggawa ng mga bagay-bagay para sa sambahayan ng Diyos, at siguradong puwede itong ikategorya bilang paggawa sa tungkulin; paggawa ito sa tungkulin, na siyempre ay nakatuon din sa Diyos. Samakatwid, sa mga isipan ng mga tao, puwedeng ituring na magkakapareho ang iglesia, ang mga kapatid, at ang sambahayan ng Diyos, lahat

ay tinatarget ang malabong Diyos sa langit. Ano ang ipinapahiwatig nito? Para sa karamihan ng mga tao, sa sambahayan ng Diyos, sa paggawa man ng kanilang mga tungkulin o sa pamamahala ng mga usapin, ginagawa nila ito para sa iglesia bilang isang hindi nakikitang institusyon, sa nakikitang grupo ng mga kapatid, at lalo na sa malabo, di-nakikitang Diyos sa langit—ginagawa nila ang kanilang tungkulin para sa tatlong ito. Tungkol naman sa Diyos na nagkatawang-tao, maaari Siyang ituring ng mga tao bilang isang miyembro ng iglesia, o bilang ang pinakamataas na lider sa mga kapatid, at siyempre, ang pagkakaunawa rin ng ilan kay Cristo ay ang tagapagsalita o kinatawan ng sambahayan ng Diyos. Samakatwid, para sa maraming tao, napakalabo ng konsepto ng kung para kanino nila ginagawa ang kanilang mga tungkulin sa iglesia. Halimbawa, kung hinihiling sa isang tao na gawin ang isang bagay para sa mga kapatid, o na magserbisyo, nararamdaman nilang ganap na makatwiran na gawin ito. O kung hinihiling sa kanila na gawin ang isang bagay para sa iglesia o sambahayan ng Diyos, masaya silang gawin ito, pakiramdam nila na hindi maitatatwa na ito ang kanilang tungkulin. Gayumpaman, kung inuutos o ipinagkakatiwala sa kanila ng nagkatawang-taong Cristo ang kaparehong gawain, pinanghihinaan sila ng loob: “Gumawa para sa isang tao? Hindi ako nanampalataya sa diyos para maglingkod sa mga tao; nandito ako para gawin ang aking tungkulin. Hindi ako nandito para magsilbi sa isang tao, hindi ako nandito para maglingkod o magserbisyo para sa isang tao!” Maraming tao ang gumagawa sa kanilang tungkulin sa iglesia. Kung hihilingin mo sa kanilang gawin ang isang bagay para sa iglesia, para sa sambahayan ng Diyos o sa mga kapatid, tinatanggap nila ang mga tungkuling ito nang may kagalakan, pakiramdam nila ay may matibay silang batayan para gawin ito. Anong batayan? “Tinatanggap ko ito mula sa diyos; ito ang aking tungkulin, ang aking responsabilidad.” Pero kapag hinihiling sa kanila ng nagkatawang-taong Diyos na gawin ang isang bagay, nawawala ang kanilang teoretikal na batayan ng “pagtanggap mula sa diyos,” at nagiging atubili at malungkot sila, ayaw nilang gawin ito. Iniisip nila, “Kung para ito sa iglesia, ayos lang, dahil isa akong taong gumagawa ng gawain para sa iglesia; kung para ito sa mga kapatid, ayos lang din iyon, dahil kabilang silang lahat sa sambahayan ng diyos, sa diyos; kung para ito sa sambahayan ng diyos, dahil ang pangalan na ‘sambahayan ng diyos’ ay napakabanal, napakadakila at marangal, kaya ganap na makatwiran ang paggawa ng mga bagay para sa sambahayan ng diyos, at nagdadala ito ng karangalan at pagkilala. Pero ang gumawa ng isang bagay para sa isang walang halagang taong tulad mo, ano ba iyon? Paggawa ba iyon sa aking tungkulin? Hindi yata ito tama o angkop. Hindi ito paggawa sa aking tungkulin, ni hindi ito pagtatrabaho. Paano ko ito dapat ituring?” Nahaharap sila sa isang mahirap na desisyon, hindi nila alam kung paano ito haharapin. Iniisip nila, “Hindi ito gawain, ni hindi ito paggawa sa aking tungkulin, at siguradong hindi ito kapaki-pakinabang sa mga kapatid. Kung hihilingin mo na gawin ko ito para sa iyo, sige, gagawin ko ito nang simple, pero hindi ako matutuwa o masisiyahan dito. Tila hindi ito tama o angkop! Sino ang makakaalala o makakaalam ng ginagawa ko para sa iyo? Makukuha ba nito ang pabor ng sinuman? Magkakamit ba ako ng gantimpala dahil dito?

Maituturing ba itong paggawa ko sa aking tungkulin? Dapat ko bang gawin ito ayon sa mga katotohanang prinsipyo?" Sa kanilang puso ay ayaw nilang gawin ito, pakiramdam nila na isa itong abala, hindi kinakailangan, tulad ng pagtanggap ng isang gawain na hindi nila dapat tanggapin. Nababagabag sila at atubiling ginagawa ito, habang umaasang makakakuha ng ilang pakinabang, at lantaran pa ngang ipinapahayag, "Ayaw kong gawin ito," nagpapakita ng matinding pag-aatubili. Sinasabi Ko, kung ayaw mong gawin ito, hindi mo ito kailangang gawin. Hindi Ko pinupuwersa ang sinuman na gumawa ng mga personal na gawain para sa Akin. Kung gusto mo itong gawin, gawin mo ito; kung hindi, hahanap Ako ng iba. Kung sino man ang handa, siya ang uutusan Ko. Hindi ba't simple lang iyon? Sa dami ng tao na sumusunod sa sambahayan ng Diyos, madali lang makahanap ng isang taong sasang-ayon at handang gawin ang gawain. Kaya Kong makahanap ng gayong tao. Hindi kailangang ikaw ang piliin; napakadali nito! Mahirap bang makahanap ng isang tao sa sambahayan ng Diyos na maaasahan, totoo, at may kakayahang mag-asikaso ng mga gawain? (Hindi.) Bagaman hindi Ako nagkaroon ng partikular na malapit o magandang ugnayan sa sinuman sa pribado, at wala Akong naging mga personal na kaibigan o malalim na emosyonal na koneksiyon, sa loob ng tatlung taong ito, ang Aking mga salita ang kinakain at iniinom at pinakikidding ng lahat ng tao sa Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos. Nananampalataya at sumusunod sa Akin ang mga taong ito, sa kanilang diwa man o sa kaibuturan ng kanilang puso, sa panlabas o sa salita. Bagaman hindi Ko direktang binigyan ng mga espesyal na benepisyo o pangako ang sinuman, ni hindi Ko direktang pinuri o itinaas ang ranggo ng sinuman, lahat ng sumusunod sa Akin mula sa simula hanggang ngayon ay kumakain at umiinom ng maraming salita ng Diyos. Sa pamamagitan ng mga sinabi Ko, naunawaan man ng mga taong ito ang kaunting katotohanan o naunawaan ang mga doktrina ng sariling asal, hindi ba't nagtamo silang lahat ng marami-rami? (Oo.) Mula sa perspektibang ito, wala dapat Akong pagkakautang sa inyo, tama? Hindi Ko dapat sabihin ito, pero kailangan Ko ito ngayong banggitin dito. Hindi ba't kayo ang may pagkakautang sa Akin? (Oo.) Kaya, kung personal Kong hihilingin sa sinuman sa inyo na gawin ang isang bagay, hindi kayo dapat umayaw, tama? (Handa kami.) Mula sa anumang perspektiba, kapag hiniling Ko sa inyo na gawin ang isang bagay, dapat pa ba Akong mambola o sumipsip sa inyo, o magsabi ng mga salitang masarap pakinggan at mga pangako? (Hindi.) Pero hindi handa ang ilan, na nagsasabing: "Bakit sobrang hindi nakakaganang gumawa ng isang bagay para sa iyo? Bukod sa walang pakinabang, nakakapagod at nakakaabala pa ito!" Ano ang nararamdaman ninyo kapag naririnig ninyo ito? (Nagagalit.) Kung ang isang ordinaryong tao, hindi kapansin-pansin sa mata ng mundo, ay binisita ng isang mataas na opisyal na nagkatiwala sa kanya ng isang gawain, puwede niyang subukang bolahin ang opisyal gamit ang lahat ng paraan, tuwang-tuwa siya at nararamdaman niyang isa itong karangalan, at hindi niya kailanman makakalimutan ang maliit na bagay na iyon sa buong buhay niya. Kung natatrato nang ganito ng mga tao ang isang taong may katayuan, bakit hindi nila ito magawa para kay Cristo? Bakit hindi nila ito maisakatuparan? Bakit

kaya? (Dahil likas na mapanlaban sa Diyos ang mga tao.) Tama iyan; pinatutunayan lamang nito ang puntong iyon. Puwedeng maging katugma ng isang Satanas na may mataas na katayuan ang mga tao, pero sa kanilang puso ay hinahamak nila si Cristo, nilalabanan, itinatakwil, itinatatwa, at inaabandona Siya. Kung hihilingin sa kanila na lumuhod at sumamba sa isang diyablo, masaya silang gagapang, pero pagdating kay Cristo, sa ordinaryong taong ito, na mula sa Kanya ay napakarami nilang natanggap, hindi sila handang tumayo man lang at makipag-usap o makipag-ugnayan sa Diyos bilang kapantay. Ano ang mga gayong nilalang? Mga diyablo sila, hindi sila mga tao. Kalaunan, hiniling Ko sa ibang tao na gawin ang gawain, at maayos naman ang taong ito. Sinabi ng taong naghatid ng mensahe tungkol dito na: “Talagang masaya ang taong nag-aasikaso sa gawain sa pagkakataong ito, handang-handa siyang gawin ang isang bagay para sa Diyos.” Sinabi Ko, “Sige, kung handa siya, mabuti iyon. Pero ano ba ang espesyal sa paggawa ng isang maliit na gawain? Inaasahan na ito, hindi na kailangan pang magpadala ng mensahe para ideklara ito.” Ano ang tingin ninyo tungkol sa mensahe na iyon na ipinadala? Ano ang nararamdaman ninyo kapag naririnig ninyo ito? Nanlalamig ba kayo? (Oo.) Bakit kayo nanlalamig dito? (Isang bagay ito na dapat gawin ng mga tao, pero sinusubukan nilang magpalakas sa harap ng Diyos, na para bang isang malaking pabor sa Diyos ang paggawa ng isang bagay para sa Diyos.) Kaya, anong klaseng tao ang nagsabi nito? Ano ang kanyang karakter? (Mababa ang kanyang karakter, wala siyang konsensiya.) Kawalan ito ng pagkatao.

Para sa ilang tao, sa sandaling marinig nila ang tungkol sa biyaya at mga pagpapala ng Diyos, tungkol sa pagtutustos ng Diyos sa tao, labis na naaantig ang kanilang puso, at walang tigil nilang pinasasalamatang ang Diyos: “Mahal na mahal ng diyos ang tao!” Labis silang nasasabik! Sa tuwing binabanggit ang mga paksang ito, napupuno ng luha ang mga mata ng mga taong ito, naaantig ang kanilang puso, at nagpapasya sila na masigasig na igugol ang kanilang sarili para sa Diyos. Pero kapag hinihiling sa kanila na gawin ang maliit na bagay para sa nakikita at nahahawakang Diyos na nagkatawang-taong ito, nakakaramdam sila ng labis na pagkapahiya, pag-aatubili, at pag-ayaw. Ano ang nangyayari dito? (Nananampalataya sila sa isang malabong Diyos, hindi sa Diyos na nagkatawang-tao. Itinuturing nila ang malabong Diyos sa langit bilang dakila, pero nakikita nila ang Diyos na nagkatawang-tao bilang walang halaga.) Narinig Ko na handang-handa ang ilang tao na maglinis ng sapatos, maglaba ng medyas, at ipaglaba pa nga ang mga kapatid, pero kapag hinihiling sa kanila na gawin ang maliit na bagay para kay Cristo, ayaw nila. Hindi ito matiis ng iba at sinasabing, “Ano ang problema ng taong ito? Mas gugustuhin pa nilang gumawa ng mga bagay para sa mga kapatid kaysa para kay Cristo. Anong klaseng tao ito?” Ang ilang tao, kapag inatasan Ko sila ng isang gampanin, na kailangan nilang kumilos ayon sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos at sa mga regulasyon ng iglesia, ay hindi ito sineseryoso pagkarinig dito. Sinasabi nila: “Anong sinasabi mo? Kailangan kong tanungin ang mga kapatid; kailangan kong isaalang-alang ang mga kapatid, para makinabang ang karamihan sa kanila.” Halimbawa, inatasan Ko

ang ilang tao na magtanim ng mga puno ng prutas at inutusan Ko rin silang pumunta sa palengke upang tingnan kung anong uri ng mga puno ng prutas ang angkop na itanim sa lugar na ito. Sa isang panig, dapat angkop ang mga ito sa lokal na klima at lupa, at sa isa pang panig, dapat nating tingnan kung anong mga prutas ang itinuturing ng mga lokal na may mataas na nutrisyon at ang mga iyon ang itanim sa tamang bilang. Pagkatapos Kong magsalita, paano dapat kumilos ang mga nakarinig sa Akin? (Dapat agad nilang gawin ang Iyong sinabi.) Paano nila ito dapat ipatupad? (Dapat silang magsaliksik ng mga kaugnay na impormasyon, magtanong sa mga taong may kaalaman, alamin ang ilang detalye, at pagkatapos ay ipatupad ito.) Pagsunod sa Aking mga tagubilin ang pagpapatupad sa ganitong paraan, na isaalang-alang ang lokal na klima at suriin din kung anong mga prutas ang masustansiya. Ngayon, sa tingin ninyo, komprehensibo at praktikal ba ang Aking mga isinasaalang-alang? Gayumpaman, paano ito ipinatupad ng mga nakarinig sa Aking mga salita? Tinanong nila ang mga opinyon ng lahat ng kapatid sa lokal na iglesia, tinanong ang lahat kung anong mga prutas ang gustong kainin ng mga ito, at pagkatapos ay binilang ang mga paboritong prutas ng lahat para iyon ang kanilang itanim ayon sa dami at proporsiyon. Ganito nila ito ipinatupad. Inalam nila ang mga opinyon ng mga kapatid, itinuturing na ang grupong ito, ang titulong ito, ang pinakamataas sa kanilang puso. Ang pagseserbisyo sa mga kapatid ang layon at pakay ng kanilang tungkulin. Naniniwala sila na ang pagseserbisyo sa mga kapatid ay pagseserbisyo sa sambahayan ng Diyos, at ang pagseserbisyo sa sambahayan ng Diyos ay pagseserbisyo sa mga kapatid. Kung masaya at kontento ang mga kapatid, masaya at kontento rin ang Diyos. Ang mga kapatid ang mga ganap na kinatawan ng Diyos, ang mga simbolo ng katotohanan, at ang mga tagapagsalita ng Diyos. Ang mga kapatid ang magpapasya; sila ang pangunahing sandigan sa sambahayan ng Diyos. Samakatwid, anuman ang gawin, hindi ito maihihiwalay sa titulo at grupo ng mga kapatid. Para sa sinumang gumagawa ng mga bagay o gumagawa ng kanilang tungkulin sa sambahayan ng Diyos, ang mga kapatid lang ang tamang mga tagapagtanggap ng kanilang pagseserbisyo. Ganito nila ito ipinatupad; walang halaga ang sinabi Ko. Gaano man kadetalyado ang Aking mga tagubilin, mga walang kabuluhang doktrina lamang ang mga ito para sa kanila, mga islogan lamang. Naniniwala sila na ang pagtutulot sa mga kapatid na ganap na ipahayag ang mga opinyon ng mga ito, pagbibigay sa mga ito ng sapat na karapatan sa pagsasalita at pagdedesisyon, at pagsasagawa ng demokrasya sa sambahayan ng Diyos, ang pinakamataas na katotohanan. Anuman ang sabihin Ko, ganito ang pananaw nila: “Wala talagang saysay ang mga sinasabi mo, pormalidad lang ito, at pagkatapos ay usapin na ito ng mga kapatid, hindi mo na ito usapin. Puwede ka nang tumabi! Walang kinalaman sa iyo ang kinakain at iniinom namin; magbigay ka lang ng pera at ayos na iyon. May pagkain at inumin kami, at iyon ang pinakamataas na katotohanan. Ang pagseserbisyo sa sambahayan ng diyos, pagseserbisyo sa mga kapatid, pagpapasaya sa mga kapatid, pagtutulot sa kanila na matamasa ang ganap na karapatang pantao at kalayaan, ito ang pinakamataas na katotohanan.” Anong klaseng mga tao ang mga ito? Hindi ba’t ito ang

gagawin ng mga anticristo? Ang unang pagpapamalas ng mga anticristo ng pagiging tutol sa katotohanan ay iyong kinokondena at itinatatwa nila ang katotohanan; pagkatapos, nagkakaroon sila ng alternatibong mga teorya at islogan na pinaniniwalaan nilang mabisa at may katuturan na ipatupad, hayagang nilalabag ang katotohanan, hayagang kinokondena at tinatakwil si Cristo. Sa gayon kaliit na bagay nabubunyag ang mga anticristo. Mga tao ba silang tumatanggap sa katotohanan? (Hindi.)

Madalas Kong marinig na sinasabi ng ilang tao, “Naku, tingnan mo kung gaano kabalisa ang mga kapatid”; o, “Naku, tingnan mo kung gaano kasaya ang mga kapatid”; o, “Naku, tingnan mo kung gaano nanlulumo ang mga kapatid; talagang nagdurusa sila.” Bakit napakataas ng katayuan ng mga kapatid sa kanilang puso? Bakit mahal na mahal nila ang mga kapatid? Ang mahalin ang napakaraming tao, gaano sila kabait? Sige; magsasabi Ako ng isang bagay at gagawin mo ang sasabihin Ko, okey? Kung kaya mong tanggapin ang napakaraming tao, hindi dapat maging problema ang pagdagdag ng isa pang taong tulad Ko, tama? Kaya mo rin dapat Akong tanggapin? Sa kabaligtaran, hindi nila kayang tanggapin ang sinasabi Ko, ni Ako ay hindi nila kayang tanggapin. Kaya nilang tanggapin ang lahat ng kapatid, kaya nilang tanggapin ang lahat sa iglesia, pero sadyang hindi nila kayang tanggapin si Cristo. Anong klaseng nilalang ito? Tao ba ito? Karapat-dapat ba ang gayong tao na maging tagasunod ni Cristo? (Hindi.) Kung gayon, paano natin sila dapat ilarawan? (Isang diyablo, isang anticristo.) Hindi ba’t mali sila ng interpretasyon sa konsepto ng demokratikong halalan sa sambahayan ng Diyos? Ang pagsangkot sa mga kapatid sa mga usapin ng sambahayan ng Diyos, pagtutulot sa kanilang ipahayag ang kanilang mga opinyon, pagtutulot sa kanilang ihalal at tanggalin ang mga lider, at pagtutulot sa kanilang magdesisyon—iniisip ba nila na ang mga kapatid ang pinakamataas sa sambahayan ng Diyos? Hindi ba’t mali itong pagkaunawa sa demokratikong halalan sa sambahayan ng Diyos? Ano ang prinsipyo ng demokratikong halalan? Ang pagtutulot ba sa mga kapatid na bumoto nang demokratiko ay nangangahulugang sila ang may huling pasya? Nangangahulugan ba ito ng pagtutulot sa mga tiwaling disposisyon ng tao na magkaroon ng huling pasya? Nangangahulugan ba ito ng pagtutulot sa mga diyablo at mga Satanas na humawak ng kapangyarihan? Hindi, nangangahulugan ito ng pagtutulot sa katotohanang nauunawaan sa puso ng mga kapatid na humawak ng kapangyarihan, hindi ang mga kapatid mismo, ang mga likas at tiwaling taong ito. Hindi ito pagtutulot sa pagkamainitin ng ulo na humawak ng kapangyarihan, hindi pagtulot sa mga kuru-kuro ng tao na humawak ng kapangyarihan, hindi pagtutulot sa paghihimagsik at paglaban ng tao na humawak ng kapangyarihan, at hindi pagtutulot sa mga buktot na disposisyon ng tao na humawak ng kapangyarihan—ito ay pagtutulot sa katotohanan na humawak ng kapangyarihan. Nagtatanong ang ilang tao, “Bakit nahahalal ang mga anticristo sa ilang halalan sa iglesia, o bakit gumagawa ng mga maling desisyon ang mga lider at manggagawa ng iglesia?” Iyon ay dahil masyadong mababa ang tayog ng mga tao; hindi nila nauunawaan ang katotohanan at hindi nila nakikilatis ang mga tao. Gayumpaman, batay sa mga katotohanang prinsipyo ang

prinsipyo ng mga halalan sa iglesia; nakabatay ito sa katotohanan. Kaya, ang mga anticristong ito—iyong mga walang espirituwal na pang-unawa—ano ang kanilang maling pinaniniwalaan? Iniisip nila na sa sambahayan ng Diyos ay dinadakila ang mga kapatid, na itinataas ang mga kapatid, na kagalang-galang sa mga mata ng Diyos ang titulo at grupo ng mga kapatid. Pero sa katunayan, kagalang-galang ba ang mga kapatid? Taglay ba nila ang katotohanan? Walang taglay na katotohanang realidad ang karamihan sa mga kapatid, wala silang mga prinsipyo sa kanilang mga kilos, at puwede pang magdulot ng kaguluhan sa iba't ibang proyekto sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Kung hindi dahil sa interbensiyon at napapanahong pagtatama at paglutas mula sa ang Itaas sa mga problema, magagawa ba ng mga kapatid na ito na gawin nang maayos ang kanilang mga tungkulin? Bukod sa hindi nila magagawa nang maayos ang kanilang mga tungkulin, puwede rin silang magdulot ng maraming kaguluhan at pagkagambala. Mayroon bang katotohanan ang mga taong ito? Karapat-dapat ba silang dakilain? Hindi. Kung gayon, bakit kumikilos pa rin nang ganito ang mga anticristo? Ito ang kanilang likas na kalikasan. Naghahanap sila ng maidadahilan upang itatwa ang katotohanan at kondenahin si Cristo—hindi ba't ito ang kanilang likas na kalikasan? Mayroon silang kalikasan ni Satanas; sila ay di-napipigilang inuudyukan nito!

Ang pangunahing pokus ng pagbabahaginan ngayon ay kung paano tinatrato ng mga anticristo si Cristo depende sa kanilang lagay ng loob. Nauugnay sa lagay ng loob ng mga anticristo ang lahat ng aspekto ng ating pinagbabahaginan. Sa panlabas, tila ganito, pero sa katunayan, paano lumilitaw ang lagay ng loob na ito? Natutukoy ito ng tiwaling disposisyon at diwa ng mga anticristo. Dahil sa pagkakaroon ng diwa ng isang anticristo, nagkakaroon sila ng lahat ng uri ng kaisipan, at sa ilalim ng pamamahala ng iba't ibang kaisipang ito, nagkakaroon sila ng iba't ibang kuru-kuro, pananaw, perspektiba, at paninindigan, na nagbubunga ng iba't ibang lagay ng loob. Pagkatapos lumitaw ng mga lagay ng loob na ito, tinatrato ng mga anticristo ang Diyos sa langit at ang Diyos sa lupa—si Cristo—sa iba't ibang gawi at gamit ang iba't ibang pamamaraan at saloobin. Mula sa mga gawi, pamamaraan, at saloobing ito, sapat na ito upang patunayan ang diwa ng mga anticristo na pagiging tutol sa katotohanan, pagkamapanlaban sa katotohanan, pagtatatwa kay Cristo, at pagkondena kay Cristo. Tuwing nahaharap sila sa mga usaping may kinalaman sa katotohanan, at sa diwa at pagkakakilanlan ng Diyos na nagkatawang-tao, sadya silang sumasalungat sa Diyos, gumaganap ng papel bilang mga kaaway ng Diyos. Kapag walang nangyayari, isinisigaw nila ang pangalan ng Diyos, palagi pa ngang binabanggit ang “diyos, aking diyos” sa kanilang pananalita. Kailangang magsimula ang lahat ng sinasabi nila sa: “O diyos, tingnan mo,” “O diyos, alam mo ba,” “O diyos, pakinggan mo ako,” “O diyos, kailangan kong humingi ng gabay tungkol sa isang bagay,” “O diyos, ganito ang sitwasyon,” at iba pa. Habang tinatawag nila ang “diyos,” sa kanilang puso, puno sila ng mga kuru-kuro, pagkamapanlaban, at panghahamak kay Cristo. Kapag nahaharap ang iglesia, ang sambahayan ng Diyos, at si Cristo sa iba't ibang kapaligiran at kalagayan, paulit-ulit na nagbabago ang saloobin ng mga anticristo kay Cristo at sa Diyos, sumasailalim

sa iba't ibang pagbabago. Kapag may mga hinihingi sa kanila si Cristo at nagpapakita sa kanila ng kabaitan at kabutihan, tila banayad at maamo ang kanilang saloobin; kapag mahigpit sa kanila si Cristo, pinupungusan sila, ang kanilang saloobin kay Cristo ay nagiging saloobin ng pagkasuklam, pagkamuhi, at panghahamak, maging ng pag-iwas at pagtatakwil sa Kanya. Kapag malinaw silang pinapangakuan ni Cristo ng mga gantimpala at pagpapala, lihim silang nagagalak sa kanilang puso, at nagpapalakas pa nga, sumisipsip, at nambobola sa Kanya, hindi nag-aatubiling isakripisyo ang kanilang dignidad at integridad para makuha ang mga benepisyong ito. Gayumpaman, anuman ang kanilang saloobin, hindi sila kailanman nagkaroon ng tunay na pagtanggap at pananalig kay Cristo, lalong hindi sila tunay na nagpapasakop sa Kanya. Ang kanilang saloobin kay Cristo ay palaging saloobin ng pag-iwas, pagkondena, at mapagmasid na pag-aatubili, tinatakwil Siya mula sa kaibuturan ng kanilang puso. Saan man sila naroroon o anuman ang kanilang lagay ng loob, nananatiling hindi nagbabago ang kanilang diwa. Kahit na nagpapakita sila minsan ng ilang hindi inaasahang pagbabago o pagliko, pansamantala lamang ang mga ito. Ang dahilan nito ay likas na laban kay Cristo ang kalikasang diwa ng mga anticristo, kaya hindi nila kailanman taos-pusong tatanggapin ang karaniwang taong ito bilang kanilang Panginoon, bilang kanilang Diyos.

Ang pagbabahaginan sa iba't ibang aspekto ng kung paano tinatrato ng mga anticristo si Cristo depende sa lagay ng loob nila ay halos natalakay na. Ang huling isyu na dapat talakayin, gaya ng natanong Ko na sa inyo, ay kung ano ang halaga ng paglalantad sa mga usaping ito, at kung ano ang katotohanang dapat maunawaan ng mga tao. Puwedeng maipahayag lang mula sa dalawang aspekto ang halaga ng paglalantad sa mga bagay na ito. Ang isang aspekto ay iyong inilalantad nito kung ano talaga ang diwa ng mga tunay na saloobin ng mga tao sa Diyos, na nagtutulot sa mga tao na makita ang iba't ibang pagpapamalas ng katiwalian ng sangkatauhan. Kapaki-pakinabang ito sa pagkilala sa sarili at sa pagkilala sa mga tiwaling disposisyon ng mga tao. Ang isa pang aspekto ay iyong ipinaaalam nito sa mga tao kung ano talaga dapat ang tamang saloobin sa Diyos. Maaaring iniisip mo na ang paraan ng iyong pagtrato sa Diyos ay pagturing na sa Kanya bilang Diyos, pero sa katunayan, marami pa itong karumihan, maraming elemento na kay Satanas—pagpapamalas ng mga anticristo ang mga ito, na hindi kinikilala o tinatanggap ng Diyos. Isa itong karumihan na kailangang malinis. Mayroong halaga mula sa kapwa positibo at negatibong perspektiba rito: Sa pinakamababa, mula sa isang negatibong perspektiba, ipinaaalam nito sa iyo na negatibo ang mga bagay na ito, mga pagpapamalas ang mga ito ng isang anticristo. Ang positibong aspekto ay iyong ipinaaalam nito sa iyo na ayaw ng Diyos sa mga bagay na ito, hindi Niya tinatanggap ang pagtrato mo sa Kanya nang ganito. Ang implikasyon ay iyong, kahit gaano pa katama, kabuti, kalohikal, o kaayon sa mga sentimyento ng tao ang paniniwala nila sa kanilang pagtrato sa Diyos, hindi ito tinatanggap ng Diyos. Kung hindi ito tinatanggap ng Diyos, ano ang dapat mong gawin? Kung sasabihin mo, “Gagawin ko ito sa ganitong paraan, naniniwala akong tama ito at ipagpapatuloy ko ito;

tanggapin Mo man ito o hindi, nagiging matuwid lang ako,” ayos lang ba ito? (Hindi.) Hindi natin tatalakayin kung tama ba ang ganitong saloobin sa ibang usapin; pagdating sa pagtrato sa Diyos, napakamapanganib ng pagkilos sa ganitong paraan, at dapat kang magbago ng landas. Ano ang dapat na saloobin ng mga tao sa mga bagay na hindi tinatanggap ng Diyos? Ang tanging saloobin na dapat mayroon ang mga tao ay ang tanggapin ang lahat ng nanggagaling sa Diyos; kahit na mukhang maganda o masama ito para sa kanila, kaaya-aya man itong pakinggan o masakit at hindi katanggap-tanggap, dapat silang tumanggap at magpasakop nang walang kondisyon, tinatrato ito bilang ang katotohanan para baguhin at dalisayin ang kanilang sarili. Ano ang halaga ng paglalantad sa mga bagay na ito? Hindi ba’t natalakay na ito kapwa mula sa negatibo at positibong mga aspekto? Kung gayon, ano ang katotohanan na dapat maunawaan ng mga tao? (Ang Diyos ang katotohanan, ang Diyos ang Tagapaglikha. Nagkatawang-tao man sa laman o nagpakita sa ibang anyo, ang katotohanan ang mga salitang Kanyang sinasabi, at dapat tayong magpasakop at tumanggap nang walang kondisyon.) Puwede bang magsabi ang lahat ng amen sa pahayag na ito? (Amen.) Nagsasabi rin Ako ng amen diyan; ang pagtanggap at pagpapasakop nang walang kondisyon, ito ang katotohanan. Sa anumang anyo o paraan nagpapakita at namumuhay ang Diyos sa gitna ng mga tao, kahit ano pa ang anyo ng Diyos, ang Diyos ay Diyos magpakailanman. Ito ang katotohanan, at ito ang katotohanang dapat pinakamaunawaan ng mga tao. Pangalawa, ang saloobing dapat mayroon ang isang nilikha sa Diyos ay pagpapasakop nang walang kondisyon. Dagdag pa rito, may isa pang punto na hindi nauunawaan ng mga tao: Bakit ba sumusunod ang mga tao sa Diyos? Para ba maibsan ang pagkabagot? Para punan ang kanilang mga isipan at tugunan ang kanilang espirituwal na kahungkagan? Para ba malutas ang kanilang kapalaran sa hinaharap? Para ba maging malinis, o para pumasok sa isang unibersidad ng katotohanan? Ano ang hinahangad ng mga tao na malutas sa pamamagitan ng pagsunod sa Diyos? Isang bagay ito na kailangang malaman ng mga tao. (Hinahangad nilang malutas ang kanilang tiwaling disposisyon.) Tama. Sumusunod ang mga tao sa Diyos para malutas ang kanilang tiwaling disposisyon. Puwede bang malutas ng mga tao ang kanilang tiwaling disposisyon nang sila lang? Puwede ba itong malutas ng mga taong may katanyagan, kaalaman, at edukasyon? Mayroon bang sinuman sa sangkatauhan na puwedeng makalutas sa isyung ito? (Walang sinuman ang makalulutas nito.) Pumarito ang Diyos ngayon para lutasin ang problemang ito; tanging ang nagkatawang-taong Diyos, tanging ang Diyos Mismo ang makalulutas nito. Bakit kayang lutasin ng nagkatawang-taong Cristo, na mukhang kapareho ng isang tao, ang problemang ito? May wika, mga kaisipan, at ideya ang mga tao, kaya bakit hindi nila ito kayang lutasin? Nasaan ang pagkakaiba? (Ang Diyos ang katotohanan, ang daan, at ang buhay; walang taglay na katotohanan ang mga tao.) Ang Diyos ang katotohanan, ang daan, at ang buhay. Tanging sa pagtanggap sa katunayang ito at sa pagtanggap sa lahat ng laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos maaaring malutas ang tiwaling disposisyon ng mga tao. Ipinahihiwatig nito na humaharap ang mga tao sa Diyos para

malutas ang kanilang tiwaling disposisyon, na nangangahulugang pagharap sa Diyos para matamo ang katotohanan. Tanging sa pagtamo ng katotohanan maaaring malutas ang mga tiwaling disposisyon ng mga tao. Paano mo malulutas ang mga ito nang hindi natatamo ang katotohanan? Kaya bang malutas ng mga doktrina ang isang tiwaling disposisyon? Kaya ba ng kaalaman? Kaya ba ng mga kuru-kuro at imahinasyon? Hindi. Tanging ang praktikal na Diyos na nagkatawang-tao ang makakatulong sa iyo na malutas ito. Samakatwid, walang silbi na sumamba sa sinumang kilalang tao, dakilang tao, o pantas; hindi nila kayang lutasin ang iyong tunay na mga suliranin o iligtas ka. Bukod dito, hindi kayang lutasin ng pag-aaral ng anumang paksa, propesyon, o larangan ng kaalaman ang iyong tunay na mga suliranin o tunay na mga isyu. Kung sasabihin mo, “Hinahamak ko lang ang ordinaryong taong ito,” kailangang magbago ang iyong pananaw. Ito ang katunayan; ganito kumilos ang Diyos. Kung gusto mong tanggapin ang Diyos bilang iyong buhay, dapat mong tanggapin ang bawat pangungusap na sinasabi ng Diyos at ang bawat kilos na ginagawa ng Diyos. Kung kinikilala mo ang Diyos bilang ang katotohanan, dapat mong paniwalaan at tanggapin ang katiyakan at pagiging ganap ng katunayan na kahit na sa anong paraan o anyo umiral o magpakita ang Diyos, palaging Siya ang katotohanan. Pagkatapos tanggapin ang katunayang ito, ano ang dapat mong maging saloobin sa pagtrato sa laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos, sa ordinaryong taong ito? Narito ang katotohanan na dapat hanapin.

Ano ang nakapaloob na katotohanan na dapat maunawaan ng mga tao sa paglalantad ng mga pagpapamalas—depende sa lagay ng loob ng mga anticristo ang pagtrato nila kay Cristo? Ibuod ninyo ang ilang aytem para maging malinaw ang mga ito at makaunawa at malinawan kayo sa katotohanang ito. (Nagbuod kami ng apat na aytem: Ang una ay na ang Diyos ay palaging Diyos, at ito ang katotohanan. Ang pangalawa ay na pagpapasakop nang walang kondisyon ang dapat na saloobin sa Diyos ng isang nilikha. Ang pangatlo ay na ang Diyos ang katotohanan, ang daan, at ang buhay, at tanging sa pagtanggap ng katunayang ito at pagtanggap sa lahat ng laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos maaaring malutas ang tiwaling disposisyon ng mga tao. Ang pang-apat ay na kung kinikilala ng mga tao ang Diyos bilang ang katotohanan, dapat nilang paniwalaan at kilalanin ang katiyakan ng katunayan na sa anumang paraan o anyo umiiral o nagpapakita ang Diyos, palaging Siya ang katotohanan.) Mahahalaga ba ang apat na aytem na ito? (Oo.) Sa totoo lang, alam ng lahat ang bawat isa sa mga aytem na ito pagdating sa doktrina, pero pagdating sa kung aling mga katotohanang prinsipyo ang kasangkot sa usapin ng kung paano tratuhin si Cristo, nalilito ang mga tao kapag nahaharap sa aktuwal na mga sitwasyon. Hindi nila alam kung paano isagawa ang mga ito, at nagiging mga doktrina lamang na hindi magagamit ang mga katotohanang dati nilang nauunawaan. Sapat na ipinapakita nito na gaano man karami ang doktrinang nauunawaan ng mga tao, wala itong silbi; kung hindi nauunawaan ang katotohanan, hindi pa rin malulutas ang kanilang mga problema.

Hunyo 20, 2020

Ikasampung Aytem: Hinahamak Nila ang Katotohanan, Lantarang Nilalabag ang mga Prinsipyo, at Binabalewala ang mga Pagsasaayos ng Sambahayan ng Diyos (Ikaapat na Bahagi)

II. Hinahamak ang Laman Kung Saan Nagkatawang-tao ang Diyos

Noong huling pagtitipon, nagbahaginan tayo tungkol sa ikalawang maliit na paksa ng ikasampung pagpapamalas ng mga anticristo na—hinahamak ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos. Saan ba tayo natapos sa ating pagbabahaginan? (Depende sa kanilang lagay ng loob ang pagtrato ng mga anticristo kay Cristo.) Umabot na tayo sa aytem ng “depende sa kanilang lagay ng loob ang pagtrato nila kay Cristo.” Unahin nating balikan kung anong mga aspekto ang pinagbahaginan. Ilang sitwasyon ang nahimay patungkol sa “depende sa kanilang lagay ng loob”? (Mayroong limang sitwasyon: ang kanilang pag-uugali kapag naharap sila sa pagpupungos, ang kanilang pag-uugali kay Cristo noong Siya ay tinutugis, kapag nagkakaroon sila ng mga kuru-kuro tungkol sa nagkatawang-taong Diyos, kapag sila ay inaangat o tinatanggal, at kapag nahaharap sa iba’t ibang kapaligiran.) Iyon na halos ang lahat. Kapag kayo ay nakikinig sa nilalaman ng mga aspektong ito, naririnig lamang ba ninyo ang mga pangyayari sa loob nito, o ikinukumpara ba ninyo ang mga ito sa inyong sarili, nakakamit at nauunawaan ang katotohanan sa pamamagitan ng mga pangyayaring ito? Anong perspektiba ang ginagamit ninyo sa pakikinig? (Kapag inilalantad at hinihimay ng Diyos ang mga kalagayan at pagpapamalas na ito, naikukumpara ko ang mga ito sa aking sarili. Minsan, ang aking pag-uugali ay maaaring hindi ganap na kapareho ng mga pagpapamalas ng mga anticristo, ngunit ang naibunyag na disposisyon at kalikasang diwa ay pareho.) Ang mga kalagayan, pagpapamalas, at diwa na inilalantad ay umiiral sa iba’t ibang antas sa lahat ng tao. Kapag ang tao ay nagsisimulang manampalataya sa Diyos, mahirap para sa kanila na mapansin ang mga pagpapamalas ng mga tiwaling disposisyong ito sa kanilang sarili, ngunit habang ang kanilang karanasan sa pananampalataya sa Diyos ay unti-unting lumalalim, hindi nila namamalayan na nagkakaroon sila ng kaalaman sa ilang disposisyon at pag-uugali. Samakatwid, hindi mahalaga kung ang mga partikular na pagpapamalas na may kaugnayan sa nilalaman ng ating tinatalakay ay may kasalukuyang kaugnayan sa iyo o kung ikaw ay nakibahagi sa gayong mga pag-uugali noon, hindi ibig sabihin na ang mga isyung ito ay walang kaugnayan sa iyo; hindi ibig sabihin na hindi mo gagawin ang gayong mga bagay sa hinaharap, ni hindi ibig sabihin na wala kang gayong mga disposisyon at pag-uugali. Mahigit isang taon na nating pinagbabahaginan at inilalantad ang iba’t ibang pagpapamalas ng mga anticristo. Dahil mahigit isang taon na ang pagbabahaginan sa isang paksa at hindi pa rin ito natatapos, sa palagay ninyo, partikular at detalyado ba ang nilalaman ng ating

pagbabahaginan? (Ito ay detalyado.) Ito ay lubos na partikular at detalyado! Kahit umabot na sa ganitong antas ang pagbabahaginan, maraming tao pa rin ang nagpapakita ng kanilang mga orihinal na pag-uugali, na hindi nagbabago kahit kaunti. Ibig sabihin, ang mga salitang sinabi at ang mga kalagayan, disposisyon, at diwang inilalantad ay hindi nakatutulong sa kanila kahit kaunti. Sa panahong ito, mayroon pa ring ilan na patuloy na kumikilos nang walang pakundangan at walang-prinsipyo, kumikilos nang arbitraryo at diktatoryal, at kumikilos nang sutil at nang pabago-bago ang isip. Gaya pa rin sila ng dati, o mas lalong nagiging walang pakundangan matapos magkamit ng katayuan, ibinubunyag ang kanilang sarili nang mas lubusan. Dagdag pa rito, palaging may ilang tao na tinatanggal at pinapaalis—ano ang nangyayari dito? (Ito ay dahil ang mga taong ito ay hindi kailanman tinanggap ang katotohanan; nakarinig sila ng napakaraming sermon ngunit hindi nila isinapuso ang mga ito.) Ang isa sa mga dahilan ay iyong hindi kailanman tinanggap ng mga taong ito ang katotohanan; tutol sila sa katotohanan at hindi nila minamahal ang mga positibong bagay. Ang isa pang dahilan ay likas nilang taglay ang diwa ng mga anticristo, na hindi kayang tanggapin ang katotohanan o mga positibong bagay. Kaya, kahit na nagbahagi at naglantad Ako tungkol sa iba’t ibang diwa at pagpapamalas ng mga anticristo nang napakapartikular, ang mga anticristo at masamang taong ito ay kumikilos pa rin nang walang pakundangan at walang takot, na ginagawa ang anumang nais nila. Hindi ba’t ito ay tinutukoy ng kanilang diwa? Talagang imposibleng baguhin ng mga taong ito ang kanilang kalikasan; hindi sila naaapektuhan ng mga sermon gaano man karami ang marinig nila, at hindi rin sila nagsisisi. Batay sa kanilang pang-araw-araw na buhay, ang kanilang saloobin sa paggampan ng kanilang mga tungkulin, at ang paraan ng kanilang paggawa sa mga ito, hindi talaga nila tinatanggal ang katotohanan at ang kanilang disposisyon ay hindi nagbago kahit kaunti; ang mga salitang ito ay parang pangangaral sa mga bingi—ganap na walang epekto. Ang mga salitang ito ay hindi nakaaapekto sa mga anticristo, ngunit nagkaroon ba ang mga ito ng partikular na epekto sa inyo dahil para magpigil kayo? Nalimitahan ba nito ang ilang pag-uugali ninyo at itinaas ang pamantayan ng inyong konsensiya at moralidad? (Medyo.) Kung walang naging ganitong epekto ang mga ito sa isang tao, siya ba ay tao pa rin? Hindi na; siya ay isang diyablo. Siyempre, pagkatapos marinig ang mga salitang ito, karamihan sa mga tao ay nagkamit na ng kaunting pagkilatis sa iba’t ibang disposisyong diwa ng mga anticristo, at nagkaroon na ng pagkamuhi sa mga disposisyon ng mga anticristo mula sa kanilang kaibuturan, habang nagkakamit din ng kaunting pagkaunawa at kaalaman sa kanilang sariling mga tiwaling disposisyong diwa. Ito ay isang magandang tanda, isang mabuting bagay. Ngunit mayroon bang mga tao na lalong nagiging negatibo habang mas nakikinig sila? Pagkarinig nila sa mga salitang ito, iniisip nila, “Wala na. Sa tuwing inilalantad ang mga pagpapamalas, kalagayan, at disposisyon ng mga anticristo, ganap na tumutugma ang mga ito sa akin. Walang pagkakataon na hindi nauugnay ang mga ito sa akin. Kailan ko kaya ganap na maihihiwalay ang sarili ko mula sa disposisyon ng mga anticristo? Kailan ko kaya maipapakita ang ilang

pagpapamalas ng mga tao ng Diyos, ng mga minamahal na anak ng Diyos?” Habang mas nakikinig sila, lalo silang nagiging negatibo, lalo nilang nararamdaman na wala silang landas na susundan. Normal ba ang reaksiyong ito? (Hindi.) Nakararamdam ba kayo ng pagkanegatibo? (Hindi.) Sa tuwing naririnig ninyo Akong inilalantad ang mga pagpapamalas at kaganapan ng mga anticristo, ito ba ay nagdudulot ng kirot o pagkaasiwa? Nahihiya ba kayo? (May kirot ito, nahihiya kami.) Anuman ang inyong nararamdaman, ang katunayan na hindi ito nagdudulot ng pagiging negatibo ay mabuti; kayo ay nakapanindigan. Gayumpaman, hindi sapat ang hindi pagiging negatibo; hindi nito naaabot ang layon, hindi ito ang panghuling mithiin. Kailangan ninyong maabot ang pagkilala sa inyong sarili sa pamamagitan ng mga salitang ito. Hindi ito tungkol sa pag-unawa sa isang aspekto ng pag-uugali kundi tungkol sa pagkilala sa inyong sariling disposisyon at diwa. Ang pagkaunawang ito ay dapat magbigay-kakayahan sa inyo na mahanap ang daan ng pagsasagawa sa buhay at sa proseso ng paggawa ng inyong tungkulin, na nalalaman kung anong mga kilos ang naaayon sa pag-uugali ng mga anticristo, kung anong mga kilos ang nagbubunyag ng disposisyon ng isang anticristo, at kung anong mga kilos ang may prinsipyo. Kung makakamit mo ito, hindi naging walang saysay ang pakikinig mo sa mga salitang ito; nagkaroon ng epekto ang mga ito sa iyo. Sunod, ipagpapatuloy natin ang pagbabahaginan tungkol sa ikaapat na pagpapamalas ng kung paano tinatrato ng mga anticristo ang nagkatawang-taong Diyos—pakikinig lang sa sinasabi ni Cristo, pero hindi sumusunod o nagpapasakop.

D. Pakikinig Lang sa Sinasabi ni Cristo, Pero Hindi Sumusunod o Nagpapasakop

Ang mga anticristo ay nakikinig lang sa sinasabi ni Cristo, pero hindi sumusunod o nagpapasakop; kung gayon, paano sila nakikinig? Ang pariralang ito ay pangunahing nagbubuod ng kanilang saloobin sa pakikinig: Walang pagsunod, walang tunay na pagpapasakop; hindi sila tumatanggap mula sa puso, kundi nakikinig lamang gamit ang kanilang mga tainga, hindi nakikinig o umiintindi gamit ang kanilang puso. Kung titingnan ito nang literal, ang pag-uugali at disposisyon ng mga anticristo sa aspektong ito ay maaaring ibuod sa mga pangunahing elementong ito. Mula sa perspektiba ng disposisyong diwa ng mga anticristo, ang mga gayong tao ay hindi sumusunod ni sumusuko sa anumang nagmumula sa Diyos o anumang itinuturing na mabuti at positibo ng Diyos o ng mga tao, at anumang naaayon sa mga likas na batas; sa halip ay minamaliit nila ang mga gayong bagay, at may sarili silang mga perspektiba at pananaw. Ang mga perspektiba ba nila ay naaayon sa mga tuntunin at batas ng mga positibong bagay? Hindi. Ang mga perspektiba nila ay nahahati sa dalawang aspekto: Ang isa ay ang mga batas ni Satanas, at ang isa pa ay naaayon sa mga interes at kalikasang diwa ni Satanas. Samakatwid, patungkol sa laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos, ang mga perspektiba at saloobin ng mga anticristo ay pangunahing nahahati sa dalawang bagay: Ang isa ay ang lohika at mga batas ni Satanas, at ang isa pa ay ang disposisyong diwa ni Satanas. Si

Cristo ang tagapagsalita ng Diyos habang gumagawa Siya ng isang yugto ng gawain sa lupa, Siya ang pagpapahayag at pagkakatawang-tao ng Diyos habang gumagawa Siya ng isang yugto ng gawain sa lupa. Para sa gayong papel, ang mga anticristo, bukod sa pagiging mausisa, mahilig magsiyasat, at pagtrato kay Cristo gaya ng sa isang tao na may katayuan na dapat bolahin, ay walang tunay na pananampalataya at pagsunod sa kanilang puso, lalo pa ang tunay na pagmamahal at pagpapasakop. Patungkol kay Cristo, isang personalidad na tila walang halaga sa mga mata ng tiwaling sangkatauhan, ang Kanyang anyo ay ordinaryo at normal; ang Kanyang pananalita, pag-uugali, at tindig, gayundin ang lahat ng aspekto ng Kanyang pagkatao, ay ordinaryo at normal din. Higit pa rito, ang anyo, gawi, at paraan ng Kanyang gawaing ginagawa ay lumilitaw na lubhang ordinaryo, normal, at praktikal sa mata ng lahat. Ang mga ito ay hindi kahima-himala, hindi hungkag, hindi malabo, at hindi hiwalay sa tunay na buhay. Sa madaling salita, sa panlabas, si Cristo ay hindi mukhang mataas. Ang Kanyang pananalita, mga kilos, at tindig ay hindi malalim o abstrakto. Kung oobserbahan gamit ang mga mata ng tao, walang mga hiwaga ang makikita, ni kahit ano na hindi maaarok; Siya ay napakapraktikal, napakanormal. Bago natin talakayin ang diwa at kalikasan ng lahat ng gawaing isinagawa ng Diyos na nagkatawang-tao, isaalang-alang natin ang lahat ng nakikitang panlabas na bagay ng mga tao tungkol sa papel ng Diyos na nagkatawang-tao: ang Kanyang pananalita, pag-uugali, tindig, pang-araw-araw na gawain, personalidad, mga interes, antas ng edukasyon, ang mga isyung Kanyang pinahahalagahan at tinatalakay, ang Kanyang paraan ng pakikitungo at pakikisalamuha sa mga tao, pati na ang mga bagay na ipinapahayag Niya nang may kaalaman, at iba pa. Sa pananaw ng tao, ang lahat ng ito ay hindi kahima-himala, mataas, o hungkag, kundi lalong praktikal. Ang lahat ng aspektong ito ay isang pagsubok para sa lahat ng taong sumusunod kay Cristo; ngunit para sa mga tunay na nananampalataya sa Diyos, na may konsensiya at katwiran, kapag naunawaan na nila ang ilang katotohanan, ibinubuod nila ang lahat ng normal at praktikal na pagpapamalas na ito ni Cristo sa panlabas sa kategorya ng Diyos na nagkatawang-tao upang makaunawa, makaarok, at makapagpasakop. Gayumpaman, ang mga anticristo lamang ang hindi gumagawa nito; hindi nila ito magawa. Sa kaibuturan ng kanilang puso, ang gayong isang labis na ordinaryong personalidad na tulad ni Cristo ay tila may kakulangan para sa kanila. Ano mismo ang kulang? Sa kaibuturan nila, madalas na nararamdaman ng mga anticristo na ang gayong ordinaryong tao ay tila hindi diyos. Madalas din nilang iginigiit na ang gayong ordinaryong tao ay dapat na magsalita, kumilos, at umasal sa isang paraan na, para sa kanila, ay akma sa tunay na diyos, sa cristo na nasa imahinasyon nila. Samakatwid, kung titingnan ang kaibuturan ng puso ng mga anticristo, ayaw nilang tanggapin ang gayong ordinaryong tao bilang kanilang panginoon, bilang kanilang diyos. Kapag mas normal, praktikal, at ordinaryo ang isang aspekto ni Cristo, ito ay mas lalong hinahamak, inaalipusta, at pinakikitunguhan pa nga nang may pagkamapanlaban ng mga anticristo. Sa gayon, patungkol sa anumang aspekto ng pag-uugali ni Cristo, kasama ang Kanyang mga

salita, sa kaibuturan ng mga anticristo ay hindi nila matanggap ang mga ito, at lumalaban pa nga sila sa mga ito.

Ano ang kabilang sa mga sinasabi ni Cristo? Minsan, tungkol ito sa paggawa ng mga pagsasaayos ng gawain, minsan ay pagpuna sa mga pagkukulang ng isang tao, minsan ay paglalantad sa tiwaling diwa ng isang uri ng tao, minsan ay pagsusuri sa diwa at sa lahat ng detalye ng isang isyu upang himayin ang mga problemang nasasangkot, minsan ay paghatol sa kung ano ang tama at mali sa isang usapin, minsan ay pagtukoy sa kahihinatnan ng isang uri ng tao, minsan ay pag-aangat sa ilang tao, minsan ay pagtatanggal sa ilang tao, minsan ay pagpupungos sa ilang tao, at minsan ay pag-aalo at panghihikayat sa ilang tao. Siyempre, bukod sa mga katotohanang nauugnay sa buhay disposisyon ng mga tao na binabanggit ni Cristo sa Kanyang gawain, madalas din Niyang tinatalakay ang lahat ng uri ng bagay, pati na ang ilang paksang nauugnay sa kaalaman ng tao at sa iba't ibang larangan ng propesyon. Si Cristo ay isang normal at praktikal na tao; hindi Siya namumuhay nang hiwalay sa iba. Mayroon Siyang mga kaisipan at pananaw sa lahat ng bagay na may kinalaman sa pag-iral at buhay ng tao, at hinaharap Niya ang mga bagay na ito ayon sa mga prinsipyo. Kung ang mga prinsipyong ito ay nauugnay sa mga paksa ng patuloy na pag-iral ng mga tao, sa buhay pagpasok ng mga tao, sa pagsamba sa Diyos, masasabi bang ang mga ito ay pawang ang katotohanan? (Oo.) Ang mga salita tungkol sa kaalaman ng tao, pilosopiya, at ilang propesyonal na usapin na sinasabi ni Cristo ay hindi direktang matatawag na katotohanan, ngunit naiiba ang pananaw, saloobin, at prinsipyo ng mga ito mula sa nalalaman ng mga tao sa mga paksang ito. Halimbawa, ang mga tao ay maaaring magkaroon ng isang mapitagang saloobin para sa isang bahagi ng kaalaman, namumuhay sila ayon dito, samantalang si Cristo ay kayang himayin at kilatisin ang lahat ng uri ng kaalaman at tratuhin ang mga ito nang tama. Halimbawa, ang inyong kahusayan sa isang partikular na propesyon at ang inyong kadalubhasaan sa kaugnay na kaalaman. Ano ang makakamit ninyo kung gagamitin ninyo ang kaalamang ito? Paano ninyo ginagamit ang kaalamang ito sa proseso ng paggawa ng inyong tungkulin? Mayroon bang nasasangkot na anumang mga katotohanang prinsipyo? Kung hindi mo nauunawaan ang katotohanan, ibig sabihin ay walang mga prinsipyo, at umaasa ka lamang sa kaalaman sa paggawa mo ng iyong tungkulin. Bagama't maaaring hindi Ako eksperto sa propesyon na iyon o wala Akong malalim na pagkaunawa sa kaalamang iyon, naaarok Ko lamang ang pangkalahatang ideya at alam ang ilang pundamental na kaalaman, alam Ko kung paano gamitin ang kaalamang ito sa isang paraan at nang may mga prinsipyo na nagbibigay-kakayahan dito na magserbisyo nang epektibo sa gawain ng Diyos. Ito ang pagkakaiba. Dahil hindi tinatanggap ng mga anticristo ang katotohanan, hindi nila kailanman matatanto ang puntong ito at hindi nila kailanman mauunawaan kung ano ang tunay na diwa ni Cristo. Taglay ni Cristo ang diwa ng Diyos—saan eksaktong naipapakita at naipapamalas ang pahayag na ito, paano ito dapat tratuhin ng mga tao, at ano ang mga benepisyo at pakinabang na natatanggap ng mga tao mula rito? Hindi

kailanman makikita ng mga anticristo ang aspektong ito. Bakit ganoon? Mayroong isang napakahalagang dahilan: Paano man tingnan ng mga anticristo ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos, nakikita lamang nila ang isang tao. Sinusukat nila mula sa perspektiba ng tao, gamit ang kaalaman, karanasan, katalinuhan, pagpapakana, at panlalansi ng tao upang tumingin, ngunit paano man sila tumingin, hindi sila makakita ng anumang espesyal sa taong ito, ni hindi nila matukoy na Siya ay may diwa ng Diyos. Sabihin ninyo sa Akin, makikita ba nila ito gamit ang kanilang mga mata? (Hindi.) Paano kung gumamit sila ng mikroskopyo o ng X-ray? Mas lalong hindi nila makikita ito. May ilang taong nagtatanong: “Kung hindi ito makikita gamit ang mga mata o ang mikroskopyo, maaari ba itong makita ng mga may ugnayan sa espirituwal na mundo?” (Hindi.) Ang mga may ugnayan sa espirituwal na mundo ay maaaring makita ang loob ng mundong iyon at maramdaman ang mga espiritu, kaya bakit hindi nila makilatis ang Diyos na nagkatawang-tao? Sa tingin ninyo, kaya bang makita ni Satanas ang Diyos sa espirituwal na mundo? (Oo.) Tulad ng Diyos, umiiral si Satanas sa espirituwal na mundo, ngunit kinikilala ba nito ang Diyos bilang Diyos? (Hindi.) Sumusunod o nananampalataya ba ito sa Diyos? (Hindi.) Kayang makita ni Satanas ang Diyos araw-araw, ngunit hindi ito nananampalataya ni sumusunod sa Kanya. Kaya, kahit na kayang makita ng mga may ugnayan sa espirituwal na mundo ang Espiritu ng Diyos, kikilalanin ba nila ang Espiritu na ito bilang Diyos? (Hindi.) Nalutas ba ng paliwanag na ito ang ugat ng isyu? (Oo.) Ano ang ugat dito? (Hindi nila kinikilala ang Diyos at hindi nila kinatatakutan ang Diyos.) Sa kaibuturan, hindi kinikilala ng mga anticristo ang Diyos. Ang kanilang mga ninuno, ang kanilang mga ugat, ay hindi kinilala ang Diyos. Kahit na nasa harapan na nila ang Diyos, hindi nila kinikilala o sinasamba ang Diyos. Kung gayon, paano nila sasambahin ang Diyos na nagkatawang-tao, na mukhang napakaordinaryo at walang halaga? Talagang hindi nila magagawa ito. Samakatwid, anuman ang pamamaraan na ginagamit ng mga anticristo upang makakita, walang silbi ito. Mula noong simulan ng Diyos ang Kanyang gawain hanggang sa ngayon, nagsalita na ang Diyos ng napakaraming salita at gumawa na ng napakadakilang gawain. Hindi ba’t ito ang pinakamalaking tanda at himala sa mundo ng tao? Kung magagawa itong kilalanin ng mga anticristo, nananampalataya na sana sila noon pa; hindi na sana sila naghintay hanggang ngayon. May ilang tao bang nag-iisip, “Hindi pa lang sapat ang nakikita ng mga anticristo sa mga aktuwal na gawa ng Diyos, kaya hindi pa sila kumbinsido; kung magpapakita ang Diyos ng ilang tanda at hiwaga, kung ipapakita Niya sa kanila kung ano talaga ang espirituwal na mundo, at kung makikita nila ang tunay na persona ng Diyos at na ang lahat ng Kanyang mga salita ay natupad, kung magkagayon ay kikilalanin at susundan nila ang Diyos”? Ganoon ba iyon? Sa espirituwal na mundo, maraming taon nang nakikipagtalo ang mga anticristo sa Diyos nang hindi nakukumbinsi, kaya bigla na lang ba silang magpapasakop sa loob lamang ng ilang taon? Imposible iyon; ang kanilang kalikasang diwa ay hindi nababago. Ang Diyos na nagkatawang-tao ay gumawa ng napakaraming gawain at nagsalita ng napakaraming salita, ngunit wala ni isa sa mga ito ang makalulupig

sa kanila, ni hindi nila makilala ang pagkakakilanlan at diwa ng Diyos. Ito ang kanilang likas na kalikasan. Ano ang ipinapahiwatig ng kalikasang ito? Nangangahulugan ito na ang mga tulad ng mga anticristo ay makikipagdigma sa Diyos, sa katotohanan, at sa mga positibong bagay magpakailanman, makikipaglaban hanggang sa mapait na huling sandali, hindi titigil hanggang sa kamatayan. Hindi ba't sila ang nararapat na maging pakay ng pagkawasak? Ano ang ibig sabihin ng "hindi titigil hanggang sa kamatayan"? Ibig sabihin, mas gugustuhin nilang mamatay kaysa kilalanin ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan, mas gugustuhin nilang mamatay kaysa magpasakop sa Diyos. Ito ay karapat-dapat sa kamatayan.

Ang mga anticristo, pagdating kay Cristo, sa ordinaryong taong ito, ay hindi lamang sinisiyasat ang panlabas ni Cristo kundi pati na rin ang kalooban Niya. Kaya, kapag nagsasalita at kumikilos si Cristo, nagpapakita ang mga anticristo ng iba't ibang pag-uugali. Ilantad natin ang kanilang kalikasang diwa sa pamamagitan ng iba't ibang pagpapamalas na ipinapakita ng mga anticristo bilang tugon sa mga salita at kilos ni Cristo. Halimbawa, kapag nagbabahagi si Cristo sa mga tao tungkol sa gawain at sa mga katotohanang prinsipyo, binabanggit Niya ang ilang partikular na pagsasagawa. Kasama rito kung paano dapat partikular na isagawa at ipatupad ng mga tao ang isang gampanin habang ginagawa nila ang kanilang tungkulin. Sa pangkalahatan, walang gampanin na tungkol sa pagtatalakay sa teorya, pagsigaw ng mga islogan, pagpukaw sa lahat, at pagkatapos ay pagpapagawa ng panata sa lahat, at doon na iyon nagtatapos; ang bawat gampanin na nauugnay sa tungkulin ay komplikado at may kasamang partikular na detalye. Halimbawa: Paano pumili ng tamang tao; paano harapin at tratuhin ang iba't ibang kalagayan ng iba't ibang tao; paano harapin ang iba't ibang problema na lumilitaw sa proseso ng paggawa sa tungkulin nang ayon sa mga prinsipyo; paano kamtin ang matiwasay na pakikipagtulungan sa pagitan ng mga tao nang hindi kumikilos nang arbitraryo at diktatoryal, o nagiging sutil at pabago-bago ng isip; at iba pa, na sumasaklaw sa iba't ibang paksa. Kapag kailangang magpatupad ng mga tao ng partikular na gawain na pinagbahaginan ni Cristo at kapag namamahala sila sa mga partikular na proyekto, maaari silang maharap sa mga suliranin. Madali ang pagsigaw ng mga islogan at pangangaral ng mga doktrina, ngunit ang aktuwal na pagpapatupad ay hindi ganoon kasimple. Sa pinakamababa, kailangan ng mga tao na magsikap, magbayad ng halaga, at maglaan ng oras upang aktuwal na maisagawa ang mga gampanin. Kasama rito, sa isang aspekto, ang paghahanap ng mga angkop na indibidwal, at, sa iba pang aspekto, ang pag-aaral tungkol sa nasasangkot na propesyon, pagsasaliksik sa karaniwang kaalaman at mga teorya na nauugnay sa iba't ibang propesyonal na aspekto, at ang mga partikular na diskarte at pamamaraan ng operasyon. Bukod dito, maaari silang maharap sa ilang mahirap na isyu. Sa pangkalahatan, ang mga normal na tao ay nakararamdam ng kaunting panghihina ng loob kapag naririnig ang tungkol sa mga suliraning ito, nakadarama sila ng presyur, ngunit ang mga tapat at mapagpasakop sa Diyos, kapag nahaharap sa mga suliranin at nakadarama ng presyur, ay tahimik na

nananalangin sa kanilang puso, humihiling ng paggabay sa Diyos, upang madagdagan ang kanilang pananalig, para sa kaliwanagan at tulong, at humihiling din ng proteksiyon laban sa paggawa ng mga pagkakamali, para matupad nila ang kanilang katapatan at makapagsikap sila nang husto upang magkaroon ng malinis na konsensiya. Gayumpaman, ang mga tulad ng mga anticristo ay hindi ganito. Kapag naririnig nila ang tungkol sa mga partikular na pagsasaayos sa gawain mula kay Cristo na kailangan nilang ipatupad at na may ilang suliranin sa gawain, nagsisimula silang makaramdam ng paglaban sa loob nila, at ayaw na nilang magpatuloy. Ano ang anyo ng pag-ayaw na ito? Sinasabi nila: “Bakit hindi kailanman nangyayari sa akin ang magagandang bagay? Bakit palagi akong binibigyan ng mga problema at mga hinihingi? Ako ba ay itinuturing na walang ginagawa o isang aliping dapat utus-utusan? Hindi ako ganoon kadalang manipulahin! Sinasabi mo ito nang napakadali, bakit hindi mo mismo ito subukang gawin!” Ito ba ay pagpapasakop? Ito ba ay isang saloobin ng pagtanggap? Ano ang kanilang ginagawa? (Lumalaban, sumasalungat.) Paano lumilitaw ang paglaban at pagsalungat na ito? Halimbawa, kung sasabihan silang, “Bumili ka ng ilang kilo ng karne at magluto ng adobo para sa lahat,” sasalungat ba sila rito? (Hindi.) Ngunit kung sasabihin sa kanila, “Ngayon, bungkalin mo ang lupang iyon, at habang nagbubungkal, kailangan mong tapusin ang pag-aalis ng mga bato bago ka kumain,” aayaw sila. Kapag may kasama nang pisikal na hrap, suliranin, o presyur, lumilitaw ang kanilang pagkayamot, at ayaw nilang magpatuloy; nagsisimula silang lumaban at magreklamo: “Bakit hindi nangyayari sa akin ang magagandang bagay? Kapag oras na para sa mga madaling gampanin, bakit hindi ako napapansin? Bakit ako ang pinipili para sa mahirap, nakapapagod, o maruming gawain? Ito ba ay dahil tila totoo ako at madaling manipulahin?” Dito nagsisimula ang panloob na paglaban. Bakit masyado silang mapanlaban? Ano ang “marumi at nakapapagod na gawain”? Ano ang “mga suliranin”? Hindi ba’t lahat ng ito ay bahagi ng kanilang tungkulin? Ang sinumang itinalaga ay dapat itong gawin; ano pa ba ang dapat pagpilian? Ito ba ay tungkol sa sadyang pagpapahirap sa kanila? (Hindi.) Ngunit naniniwala sila na ito ay sadyang pagpapahirap sa kanila, paglalagay sa kanila sa alanganin, kaya hindi nila tinatanggap ang tungkuling ito mula sa Diyos at ayaw nilang tanggapin ito. Ano ang nangyayari dito? Ito ba ay na kapag nahaharap sila sa mga suliranin, kailangang magtiis ng pisikal na hrap, at hindi na makapamuhay nang komportable, ay nagiging mapanlaban na sila? Ito ba ay pagpapasakop nang walang kondisyon, nang walang reklamo? Umaayaw na sila sa pinakamaliit na suliranin. Anumang bagay na ayaw nilang gawin, anumang gawain na sa tingin nila ay mahirap, hindi kanais-nais, nakakababa, o minamaliit ng iba, ay labis nilang nilalabanan, tinututulan, at tinatanggi, hindi sila nagpapakita ng kahit kaunting pagpapasakop. Ang unang reaksiyon ng mga anticristo kapag nahaharap sa mga salita, mga utos ni Cristo, o sa mga prinsipyong Kanyang ibinabahagi—sa sandaling magdulot ito ng mga suliranin sa kanila o kinakailangan nilang magdusa o magbayad ng halaga—ay paglaban at pagtanggì, nakadarama sila ng pagkasuklam sa kanilang puso. Gayumpaman, pagdating sa mga bagay na nais nilang

gawin o na may pakinabang sa kanila, iba ang kanilang saloobin. Ang mga anticristo ay nagnanais na magpasasa sa kaginhawahan at na mamukod-tangi, ngunit sila ba ay masaya at nagagalak na tumatanggap kapag nahaharap sila sa pagdurusa ng laman, sa pangangailangang magbayad ng halaga, o kahit sa panganib na mapasama ang loob ng iba? Kaya ba nilang makamit ang ganap na pagpapasakop sa oras na iyon? Hinding-hindi; ang kanilang saloobin ay ganap na pagsuway at pagmamatigas. Kapag ang mga tulad ng mga anticristo ay nahaharap sa mga bagay na ayaw nilang gawin, sa mga bagay na hindi tugma sa kanilang mga kagustuhan, panlasa, o sariling interes, ang kanilang saloobin sa mga salita ni Cristo ay nagiging ganap na pagtanggì at paglaban, nang walang bahid ng pagpapasakop.

May ilang tao na, habang nakikinig sa pagsasalita ni Cristo, ay nagsisimulang mag-isip: “Bakit sinasabi ito ni Cristo? Paano Niya nagagawang tingnan ang bagay na ito nang may ganitong pananaw? Paano Niya nagagawang magkaroon ng gayong opinyon, paano Niya ito nagagawang bigyang kahulugan sa ganitong paraan? Ito ba ay katotohanan din? Ang mga ito ba ay mga salita rin ng Diyos? Sa palagay ko ay hindi. Ang paraan ng pagsasalita ng Diyos sa Bibliya ay iba ang pagkakatala, may partikular itong uri ng pagkamakatwiran, nang hindi na tinatalakay ang mga detalye at maliliit na bagay. Bakit ganito magsalita si Cristo? Palagi itong tungkol sa mga detalye at paghihimay sa mga detalye; maaari ba talagang magsalita ng Diyos nang ganito?” Wala silang mga kuru-kuro tuwing binabasa nila ang mga salita ng Diyos, at ang iniisip nila ay, “Ito ay ang mga salita ng Diyos; dapat akong umasa sa mga ito upang makamtan ko ang buhay, kaligtasan, at mga pagpapala.” Gayumpaman, kapag aktuwal na silang nakikipag-ugnayan kay Cristo, nagsisimula silang bumuo ng mga opinyon tungkol sa Kanyang mga pananaw, komento, at saloobin sa ilang bagay, pati na rin ang Kanyang mga paraan ng pangangasiwa sa ilang tao, at ang mga opinyon na ito ay maituturing na mga kuru-kuro ng tao. Kapag ang mga anticristo ay nagkakaroon ng mga kuru-kuro sa kanilang puso, magdadasal ba sila sa Diyos upang pungusan ang kanilang mga kuru-kuro? Hinding-hindi. Patuloy nilang sinusukat ang mga salita ni Cristo ayon sa kanilang sariling mga kuru-kuro nang walang bahid ng pusong nagpapasakop. Kaya, kapag nagkakaroon sila ng mga kuru-kuro tungkol kay Cristo, nagsisimula silang makaramdam ng paglaban sa loob at unti-unti silang nagiging antagonistiko kay Cristo. Kapag lumilitaw ang gayong antagonismo, balak pa rin bang magpasakop ng mga anticristo? Balak pa rin ba nilang tumanggap? Sa kanilang puso, nagsisimula silang lumaban, iniisip nila, “Hmph, ngayon ay may panghahawakan na ako laban sa iyo. Hindi ba’t ikaw diumano ang diyos? Hindi ba’t ang lahat ng iyong salita ay ang katotohanan? Lumalabas na ikaw rin ay nangangatwiran nang lohikal kapag ikaw ay gumagawa ng mga bagay, at ikaw ay humahatol sa mga bagay batay sa nakikita ng iyong mga mata. Ang iyong mga kilos ay hindi umaayon sa diwa ng diyos!” Nagsisimula silang makaramdam ng pagsuway sa loob nila. Kapag lumilitaw ang pagsuway na ito, ito ay nabubunyag sa labas. Maaari nilang sabihin, “Tila tama ang iyong mga sinabi, ngunit kailangan kong tingnan ang mga

salita ng diyos upang makita kung ano ang sinasabi niya tungkol doon. Kailangan kong manalangin sa diyos upang makita kung paano niya ako gagabayan. Kailangan kong maghintay at maghanap, upang makita kung paano ako gagabayan at bibigyang-liwanag ng diyos. Tungkol sa iyong sinabi, hindi na ito sakop ng aking pagsasaalang-alang, at hindi ito maaaring maging batayan ng aking mga kilos.” Anong pagpapamalas ito? (Pagtatatwa kay Cristo.) Itinatatwa nila si Cristo, ngunit bakit binabasa pa rin nila ang Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao? (O Diyos, sa palagay ko ay kinikilala lamang nila ang malabong Diyos sa langit at tahasang itinatatwa si Cristo na nasa lupa.) Ang mga anticristo ay palaging namumuhay sa loob ng mga hungkag na salita at doktrina, dinadakila ang isang mataas, hindi nakikitang Diyos. Kaya, lubos nilang iginagalang at pinahahalagahan ang mga nakasulat na salita na mga nakatalang kasabihan ni Cristo, ngunit itinuturing nila si Cristo, na kasing-ordinaryo ng kahit sino, na walang katayuan sa kanilang puso. Hindi ba’t may kontradiksyon dito? Kapag nagkikimkim sila ng mga kuru-kuro tungkol kay Cristo, sinasabi nila, “Kailangan kong manalangin at maghanap upang makita kung ano ang sinasabi ng mga salita ng diyos.” Kinikilala lamang ang mga salita ng Diyos ngunit hindi si Cristo, sino sila? (Mga anticristo.) Gaano man kahalaga o kalalim ang kanilang mga kuru-kuro tungkol sa mga salita ni Cristo, kapag ang mga salitang iyon ay naimprinta na, nawawala ang kanilang mga kuru-kuro. Kapag ang mga salita ay naging teksto, sinasamba nila ang mga ito bilang Diyos. Hindi ba’t ito ang parehong pagkakamali na ginawa ng mga Pariseo at ng mga nasa relihiyosong grupo? Ang pagkabigong maunawaan ang katotohanan ay nagpapadali sa paglitaw ng mga pagpapamalas at kuru-kurong ito. Pagkatapos magkaroon ng mga kuru-kuro ang mga anticristo, ang kanilang puso ay hindi makapagpasakop; walang pagpapasakop, kundi paglaban lamang.

Sa anong mga sitwasyon nagkakaroon ng mga kuru-kuro ang mga ordinaryong tao, o, anong uri ng mga tao ang madaling magkaroon ng mga kuru-kuro? Ang isang uri ay iyong mga hindi nakakaunawa sa mga salita ng Diyos, at ang isa pa ay iyong mga walang espirituwal na pang-unawa at hindi tumatanggap sa katotohanan; madali silang magkaroon ng mga kuru-kuro. Kapag nagkaroon ng mga kuru-kuro, sa puso nila ay nagsisimula silang lumaban. Halimbawa, maaari Kong sabihin sa mga tao na gawin ang isang bagay sa isang partikular na paraan batay sa kalagayan, kapaligiran, at mga pangangailangan ng tao sa oras na iyon. Kalaunan, paglipas ng panahon at sa pagbabago ng mga sitwasyon, maaaring magbago rin ang gawi at pamamaraan ng pangangasiwa sa bagay na iyon. Gayumpaman, ang pagbabagong ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga anticristo na magkaroon ng mga kuru-kuro: “Sinabi mo ito noon, idineklara mo ito bilang katotohanan at sinabihan ang mga taong isagawa ito nang ganito. Sa wakas ay naintindihan namin at nagawa namin itong isagawa at sundin, iniisip namin na may pag-asa kaming mapagpala, at ngayon sinasabi mo na gawin namin ito sa ibang paraan—ano ang ibig sabihin nito? Hindi ba’t pinahihirapan mo kami? Hindi ba’t tinatrato mo kami nang mas mababa sa tao? Ano ba talaga ang tamang paraan ng

paggawa nito?” Ang anumang pagbabago sa pamamaraan, diskarte, o pahayag ay maaaring ikagalit ng ilang tao—ang mga indibidwal na ito ay iyong mga hindi talaga nakakaunawa sa katotohanan at hindi ito maarok. Sinusukat nila ang lahat ng ginagawa ng Diyos gamit ang mga lumang pananaw, lumang teorya, ilang moral na pamantayan ng tao, pamantayan ng konsensiya, at maging ang ilang lohikal na pag-iisip at kaalaman ng tao. Kapag ang lahat ng ito ay sumasalungat sa sinabi ni Cristo o kapag may mga pagkakaibang lumilitaw sa gitna, hindi nila alam kung paano ito pangangasiwaan. Kapag hindi sigurado kung paano magpapatuloy, ang mga normal na tao ay dapat na kayang kumalma at tumanggap muna, pagkatapos ay unti-unting hangarin na makaunawa. Gayumpaman, ang mga anticristo ay hindi ganito. Lumalaban muna sila at pagkatapos ay nagdarasal sila sa malabong Diyos, na parang isinasagawa nila ang katotohanan at labis na minamahal ang Diyos. Ano ang layon ng kanilang panalangin? Ito ay upang makahanap ng sapat na ebidensiya upang itatwa ang mga salita ni Cristo, upang kondenahin at punahin ang sinabi ni Cristo, upang makamit ang kapayapaan ng isip. Ganito nila nilulutas ang kanilang mga kuru-kuro. Malulutas ba nito ang kanilang mga kuru-kuro? (Hindi.) Bakit hindi? (Dahil hindi nila tinatanggap ang katotohanan. Hindi nila hinahanap ang katotohanan mula sa mga salita ng Diyos kundi sinusubukan nilang itatwa ang Diyos.) Mismo, hindi nila nilulutas ang kanilang mga kuru-kuro nang may saloobin ng pagtanggap sa katotohanan o sa paraan na tumatanggap sa katotohanan. Ang kanilang mga kuru-kuro ay hindi naisasantabi; nananatili ang mga ito sa kanilang puso. Samakatwid, ang gayong pamamaraan ay hindi kailanman makalulutas ng kanilang mga kuru-kuro, hindi kailanman magpapahintulot sa kanila na bitiwang ang kanilang mga kuru-kuro. Sa halip, sa paglipas ng panahon ang mga kuru-kurong ito ay naiipon; habang lumilipas ang panahon at nadaragdagan ang bilang ng taon ng kanilang pananampalataya sa Diyos, gayundin ang kanilang mga kuru-kuro at imahinasyon. Dahil dito, ang kanilang saloobin kay Cristo, sa ordinaryong taong ito, ay hindi maiwasang lalong bumibigat dahil sa mga kuru-kuro. Kasabay nito, ang hadlang sa kanilang puso para kay Cristo at ang kanilang hinanakit sa Kanya ay tumitindi rin. Kung dala nila ang mga hadlang at kuru-kurong ito habang ginagawa ang kanilang mga tungkulin, dumadalo sa mga pagtitipon, at kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, ano ang maaari nilang makamit sa huli? Maliban sa pagtindi ng kanilang mga pagnanais na mapagpala araw-araw, wala silang nakakamit.

Mayroon ba kayong anumang kuru-kuro tungkol kay Cristo? Ang mga hinihingi ng mga tao sa Diyos ang humuhubog sa kanilang mga kuru-kuro tungkol kay Cristo. Saan nagmumula ang mga hinihinging ito? Lumilitaw ang mga ito mula sa mga ambisyon, pagnanais, kuru-kuro, at imahinasyon ng mga tao. Kaya, anong uri ng mga kuru-kuro ang nabubuo ng mga tao? Naniniwala sila na dapat sabihin ni Cristo ang ganito o ganyan, na dapat Siyang magsalita at kumilos sa mga partikular na paraan. Halimbawa, kapag ang isang tao ay nakararamdam ng pagkanegatibo at kahinaan, maaari niyang isipin, “Hindi ba’t ang Diyos ay pagmamahal? Ang Diyos ay tulad ng isang mapagmahal

na ina, tulad ng isang mahabaging ama; dapat pagaanin ng Diyos ang loob ng mga tao. Kalimutan na ang Diyos na nasa langit; Siya ay hindi maabot. Ngayong ang Diyos ay pumarito na sa lupa, mayroon nang ganitong madaling akses ang mga tao. Dahil ako ay nakararamdam ng pagkanegatibo, kailangan kong lumapit sa Diyos at ibulalas ang nasa aking puso.” At habang ibinubulalas ang nasa kanilang puso, sila ay lumuluha, sinasabi ang tungkol sa kanilang mga suliranin, kahinaan, at hayagang tinatalakay ang kanilang tiwaling disposisyon. Ano ba talaga ang hinahanap ng mga tao sa kanilang puso? Gusto nilang mapagaan ang loob nila, gusto nilang makarinig ng mga kaaya-ayang salita, gusto nilang magsalita ang Diyos ng mga salitang magpapagaan sa kanilang kalungkutan, magpapasaya sa kanila, magpapagaan ng loob nila, at magpapahinto sa kanilang pakiramdam ng pagkanegatibo. Hindi ba’t ganoon iyon? Lalo na para sa isang partikular na uri ng tao, nagkikimkim sila ng ganitong imahinasyon: “Para sa mga tao, ang kahinaan at pagkanegatibo ay sadyang ganoon lang, ngunit para sa Diyos, maaaring guminhawa nang husto ang pakiramdam ng isang tao sa pamamagitan lamang ng isang pangungusap, lahat ng problema at pighati sa kanilang puso ay agad na mawawala. Ang kahinaan at pagkanegatibo ay maglalaho na parang usok, at maaari silang maging malakas sa harap ng anuman, hindi na magiging mahina o malulugmok sa pagkanegatibo, maninindigan sila sa kanilang patotoo. Kung gayon, hayaang magsalita si Cristo!” Sabihin ninyo sa Akin, ano ang dapat Kong sabihin kapag nahaharap sa gayong sitwasyon? Sa isang banda, kailangan Kong alamin kung bakit nakakaramdam ng pagkanegatibo ang taong ito at kung anong tungkulin ang ginagawa niya; sa kabilang banda, dapat Akong makipagbahaginan sa mga prinsipyo na dapat panindigan ng isang tao sa proseso ng paggawa sa kanyang tungkulin. Hindi ba’t ito ay malinaw na pagpapaliwanag? Para sa ilan na hangal at matigas ang ulo at hindi tumatanggap sa katotohanan, kinakailangang magsabi ng ilang salita na pangdisiplina upang mapukaw sila, upang hikayatin sila. Dagdag dito, kinakailangan ding ilantad ang kalikasang diwa ng ganitong uri ng tao, upang maunawaan nila kung ano ang pagiging laging negatibo at bakit sila ay laging negatibo. Kung sasabihin Kong ang mga taong laging negatibo ay mga taong hindi tumatanggap sa katotohanan, hindi nagmamahal sa katotohanan, gagaan ba ang kanilang kalooban pagkatapos na marinig ito? (Hindi.) Ipagpalagay nating sinabi Ko ito: “Ang pagiging palaging negatibo ay normal. Ito ay pagpapamalas na parang sa bata; ito ay parang isang bata na nagdadala ng mga pasanin ng isang taong nasa hustong gulang na, nagiging laging negatibo dahil sa bigat. Ikaw ay may maliit na tayog, bata, at wala pang gaanong karanasan, kaya kailangan mong matuto nang paunti-unti. Bukod dito, ang iyong mga magulang ay may responsabilidad din; hindi ka nila tinuruan nang maayos, kaya hindi mo ito kasalanan.” Maaari nilang itanong, “Kaya ano itong tiwaling disposisyon ko?” “Ito ay hindi isang tiwaling disposisyon; ito ay dahil lamang sa ikaw ay masyadong bata at nagmula sa isang pamilya na may magandang kapaligiran; ikaw ay pinalaki sa layaw. Pagkalipas ng ilang taon, habang ikaw ay lumalaki, magiging mas maayos ito.” Gagaan ba ang loob nila pagkatapos na marinig ito? Kung niyakap Ko pa sila nang mahigpit at nagpadala

Ako ng ilang positibong enerhiya, hindi ba't makakaramdam sila ng init sa kanilang kalooban? Sa ganitong paraan, mararamdaman nila na naranasan nila ang pagmamahal at init ng Diyos. Ngunit sa pangkaraniwan ay hindi ganito kumilos si Cristo. Sa aktuwal, maaaring gawin Niya ito para sa mas matatandang bata bilang isang uri ng pagpapagaan ng loob, ngunit para sa bawat taong nasa hustong gulang na, hindi Siya kikilos nang ganito; iyon ay matatawag na panloloko sa isang hangal. Sa halip, magsasalita Siya nang deretsahan, papakitaan ka Niya ng landas, lilinawin kung ano talaga ang nangyayari, at hahayaan kang malayang pumili. Kung anong uri ka ng tao ang nagtatakda sa landas na iyong tatahakin. Kung titingnan ang diwa ng lahat ng ginagawa ni Cristo, hindi Niya nililinlang o nilalaro ang mga tao, ngunit hindi nila ito matanggap. Hindi nila hinaharap ang mga katunayan, ngunit ito ang mismong diwa ni Cristo; maaari lamang Siyang kumilos nang ganito. Kung hindi ito matanggap ng mga tao, hindi ba't lumilikha ito ng salungatan sa pagitan ng mga tao at ng Diyos? Kung hindi nila makamit ang kanilang layon at kung hindi rin nila tinatanggap ang katotohanan, hindi ba't lumilikha ito ng hadlang? (Oo.) Ito ay tumatatak sa puso ng mga tao. Orihinal na inisip ng mga tao na ang Diyos ay napakamapagmahal, banayad na parang isang ina o lola. Ngunit ngayon, dahil nakikita nilang hindi ganoon ang mga bagay-bagay at dahil hindi sila nakakaramdam ng kahit kaunting init, sila ay nadidismaya. Maaari bang matupad ang kanilang imahinasyon na "isang pangungusap lamang mula kay Cristo ay maaari na akong maalís sa pagkanegatibo"? "Hangga't dumarating si Cristo upang lutasin ang aking mga problema, ginagarantiya kong makakaramdam ako agad ng init sa loob, at hindi na ako magiging negatibong muli kailanman; ang lahat ay magiging malinaw, at isang landas ang magbubukas." Makatotohanan ba ang imahinasyong ito? Maaari bang makamit ang layong ito? (Hindi.) Samakatwid, sa usaping ito, kung palaging umaasa ang mga tao sa kanilang mga kuru-kuro at imahinasyon, hindi ito gagana; kailangan nilang hanapin ang katotohanan upang malutas ang isyu.

May mga tao na gumagawa ng mga bagay-bagay nang walang nakakakita, at kapag nakakatagpo nila Ako, sinasabi nila, "Nagawa ko ang kasalanan ng kalaswaan noong kabataan ko." Sinasabi Ko, "Pakiusap huwag mo nang sabihin sa Akin ito. Manalangin ka nang taimtim sa pribadong lugar at tunay na magsisi, at ang problema ay malulutas, at hindi ito maaalala ng Diyos. Hindi mo kailangan sabihin sa Akin nang harapan; hindi Ko ito inuusisa." Kapag pinipigilan Ko sila sa pagsasalita, nagsisimula silang mag-isip: "Ikaw ba talaga ang Diyos? Napakasinsero ng aking puso, isang pusong nag-aalab, at binuhusan Mo ito ng malamig na tubig. Gusto ko lang makipag-usap nang taimtim sa Iyo, bakit ayaw Mong makinig? Maganda sana kung nakinig Ka; marami pa akong detalyeng sasabihin." Sinasabi Ko, "Ang pinakalayunin ng pagtatapat ng iyong mga kasalanan ay ang magsisi, hindi upang isalaysay ang maraming detalye. Kung talagang nagsisi ka mula sa kaibuturan ng iyong puso, hindi mahalaga ang anyo; ang pagdaan sa prosesong ito ay walang silbi. Ang paglilinaw mo sa Akin ng lahat ng detalye at sitwasyon ay hindi nangangahulugang nagsisi ka na. Kung talagang nagsisi ka na, kahit

na wala kang sabihin, nagsisi ka pa rin. At kung hindi ka nagsisi, walang silbi kahit magsalita ka tungkol dito.” Hindi nakakaunawa ang ilang tao, iniisip nilang gusto Kong marinig ang lahat, tulad ng kanilang pagiging malaswa, ang pagnanakaw, o pagkondena at pagbibintang nila sa iba bago sila manalig sa Diyos. Iniisip nila na handa Akong makinig sa lahat ng personal na usaping ito, na nais Kong malaman at makilatis ang pinakamalalim na iniisip ng bawat tao at ang lahat ng mga kilos nila, mabuti man o masama. Hindi ba’t isa itong kuru-kuro ng tao? Nagkakamali sila. Kailangan Ko lang malaman ang mga tiwaling disposisyon ng mga tao, ang kanilang diwa, at ang landas na tinatahak nila; ito ay sapat na upang matugunan ang mahalagang usapin ng kanilang kaligtasan. Hindi na kailangan pang malaman ang tungkol sa buhay sa kasalukuyan o sa kabilang buhay ng bawat tao; hindi na kailangan pa ang mga gayong detalye. Inaakala ng mga tao: “Ikaw ay normal at praktikal din. Mayroong ilang bagay na hindi Mo alam, kaya marahil ay gusto Mong malaman ang pinagmulang pamilya ng bawat indibidwal, ang kapaligiran kung saan sila lumaki, at ang mga espesyal na karanasang ito noong lumalaki sila, upang makilala Mo sila nang lubusan para sa layon ng gawain, upang magkaroon ng panghahawakan sa paghatol at paglantad sa kanila.” Ganito ba ito? (Hindi.) Ang ilang tao, na may mga kuru-kuro at imahinasyong ito, ay palaging gustong ibahagi sa Akin ang kanilang mga dating gawa kapag nakakatagpo nila Ako, sinasabi nila, “Naku, hindi Mo alam, ang pamilya ko ay ganito noon....” Sinasabi Ko, “Huwag mong ikuwento ang tungkol sa mga usapin ng iyong pamilya; ibahagi mo ang ilang karanasan mo tungkol sa pananalig sa Diyos.” Ang iba naman ay nagsasabi, “Naku, hindi Mo alam, marami na akong naging karelasyon dati,” o, “Hindi Mo alam kung sino ang pinaratangan ko noon.” May silbi ba ang sabihin ang mga bagay na ito? (Wala.) Iniisip nila na ang Diyos na nagkatawang-tao ay talagang gustong malaman ang mga bagay na ito, nais maunawaan ang lahat ng kahiya-hiyang kilos ng mga tao at ang iba’t ibang detalye ng imoral na buhay ng mga tao. Kapag nakakatagpo Ako ng mga gayong tao, sinasabi Ko sa kanila, “Kung gusto mong magtapat at magsisi, manalangin ka sa Diyos nang pribado, huwag mo nang sabihin sa Akin. Ako ay responsable lamang sa pagtuturo sa iyo kung paano gawin nang maayos ang iyong tungkulin at kung paano sambahin ang Diyos sa tunay na buhay, upang matulungan kang makamit ang kaligtasan. Maaari nating pag-usapan ang anumang may kinalaman dito kapag nagkita na tayo, ngunit mas mabuti nang huwag mong banggitin ang mga hindi kaugnay na bagay.” Pagkarinig nito, nagsisimula nang mag-isip ang ilang tao, “Talagang walang pagmamahal ang Diyos, hindi mapagparaya ang Diyos.” Sa kanilang pananaw, anong uri ng tao ang may pagmamahal? Ang isang direktor ng komite ng magkakapitbahay, isang taong partikular na nangangasiwa sa mga pang-araw-araw na maliliit na usapin ng ibang tao. Ako ba ay inaasahang mangasiwa sa mga gayong bagay? Wala Akong pakialam sa mga bagay na iyon! Kung paano ka namumuhay, kung ano ang kinakain at isinusuot mo, kung paano ka kumikita ng pera, ang iyong kalagayang pang-ekonomiya, paano ka nakikitungo sa iyong mga kapitbahay—hindi Ako nakikialam sa anuman sa

mga iyan. Ito ang saloobin ng mga tao kay Cristo kapag nagkakaroon sila ng mga kuru-kuro. Lalo na kapag nagkakaroon sila ng mga kuru-kuro tungkol sa mga salita ni Cristo o kapag ang mga salita ni Cristo ay ganap na sumasalungat sa kanila mismong mga kuru-kuro, ang mga anticristo ay hindi bumibitiw sa kanilang mga kuru-kuro o tinatanggap ang katotohanan, hindi rin nila hinihimay ang kanilang mga kuru-kuro o hinahanap ang katotohanan; sa halip, sila ay kumakapit sa kanilang mga kuru-kuro at lihim na kinokondena ang sinasabi ni Cristo sa kanilang puso.

Sa huling panahong ito, isinasakatuparan ng Diyos ang gawain ng paghatol sa mga huling araw. Habang lumalaganap ang ebanghelyo ng kaharian ng Diyos, lumilitaw ang marami-raming aytem ng gawaing may kinalaman sa iba't ibang propesyon sa sambahayan ng Diyos, tulad ng gawaing nauugnay sa musika, gawaing nakabatay sa teksto, gawain ng paggawa ng pelikula, at iba pa. Sa panahon ng gawaing ito, kasangkot din si Cristo sa ilang aytem ng gawaing may kinalaman sa mga propesyong ito, siyempre, pangunahin sa pamamagitan ng paggabay at pagtukoy sa direksiyon ng iba't ibang aytem ng gawain; Siya ay gumagawa sa saklaw na ito. Hindi maiiwasang si Cristo ay maaaring hindi pamilyar sa ilang kaalaman o pangkalahatang impormasyon na may kaugnayan sa mga larangang ito, at maaaring may mga bagay na hindi Niya naiintindihan. Hindi ba't napakanormal nito? Para sa karamihan ng mga tao, ito ay tila ba ganap na normal at hindi isang malaking isyu dahil ang lahat ay nasa proseso ng pag-aaral, at sa ilalim ng pamumuno ng Diyos, ang lahat ng uri ng gawain ay maaari lamang bumuti nang bumuti, parami nang parami ang natatapos na produkto at nagagawang mataas na kalidad na mga likha. Ngunit para sa mga anticristo, ito ay hindi isang maliit na usapin. Sinasabi nila, "Ganap na hindi ka pamilyar sa isang partikular na larangan, ignorante ka pa nga rito. Anong karapatan mong makialam, magpatnubay at maggabay sa amin? Bakit ang iyong salita ang dapat na masunod? Bakit kailangan naming lahat na makinig sa iyo? Ang pakikinig ba sa iyo ay tiyak na tama? Hindi ba kami magkakamali ng landas o makagagawa ng pagkakamali sa aming gawain kung makikinig kami sa iyo? Hindi ako nakakasiguro ryan." Kapag nagbibigay ng gabay si Cristo sa gawain, ang ilang tao ay hinaharap ito nang may mapagdudang saloobin: "Tingnan muna namin kung may katuturan at nasa tamang saklaw ng kadalubhasaan ang Kanyang sinasabi, at kung ito ay higit sa aming sariling mga ideya. Kung oo, tatanggapin namin ito at susundin ang Kanyang gabay; kung hindi, gagawa kami ng ibang desisyon, maghahanap ng ibang paraan." Gayumpaman, ang mga anticristo ay nagkikimkim sa kanilang kalooban ng mentalidad ng ganap na pagsuway: "Kami ay mga propesyonal, maraming taon na kaming nagtatrabaho sa larangang ito. Kaya naming tapusin ang gawaing ito nang nakapikit. Ang pagsunod sa gabay mo ay para paggawa lang nang wala sa loob, hindi ba? Bakit kami dapat makinig sa iyo? Hindi ba't opisyal na pananalita lamang ang mga mungkahi mo? Kung makikinig kami sa iyo, hindi ba't pagmumukhain lang kami niyon na walang kakayahan? Ngunit ngayon ay nakikinig ang lahat, at hindi ko kayang tumindig at tumutol sa iyo, dahil maaari akong tratuhin bilang

isang anticristo. Kaya, magpapanggap ako nang ilang panahon, magkukunwaring nakikinig, iraraos ko ang mga bagay-bagay, at pagkatapos ay ipagpapatuloy ang dati kong gawa nang walang anumang naaapektuhan.” Kaya kahit paano ibahagi ni Cristo ang mga katotohanang prinsipyo, gaano man Niya kalinaw na ipaliwanag ang mga bagay, laging may sariling di-nababagong ideya ang mga anticristo at palagi silang naniniwalang naiintindihan nila ang propesyon, na sila ay mga eksperto sa larangan, at kaya hindi nila naiintindihan ang mga katotohanang prinsipyo na ibinabahagi ni Cristo. Tuwing nagbibigay si Cristo ng gabay sa gawaing may kinalaman sa kanilang propesyon, ito ay nagiging pagkakataon para sa mga anticristo na ikumpara ang kanilang mga abilidad at talento kay Cristo. Ang mas masahol pa, kung minsan, kapag nagsasalita si Cristo tungkol sa mga bagay na may kaugnayan sa kanilang propesyon, nakikita ito ng mga anticristo bilang pagpapakita ni Cristo ng kamangmangan, at lihim nilang kinukutya at hinahamak si Cristo, hindi nila makontrol na lalo silang nakadarama ng paglaban at pagtutol sa paggabay ni Cristo sa kanilang gawain. Lubusan silang hindi kumbinsido sa kanilang puso, sinasabi nila, “Sinasabi mo sa amin na gawin ito at iyon, pero ano ba ang alam mo? Nauunawaan mo man lang ba ang iba’t ibang hakbang na kasangkot sa mga larangang ito? Alam mo ba ang mga partikular na detalye kung paano gumagana ang mga ito? Kapag ginagabayan mo kami sa paggawa ng pelikula, alam mo ba kung paano umarte nang tunay o kung paano magrekord ng tunog?” Sa tuwing nahaharap sa mga bagay na ito, ang mga anticristo ay hindi taimtim na nakikinig sa mga katotohanang prinsipyo na kaugnay sa bawat propesyon sa kanilang puso. Sa halip, lihim silang nakikipagtagisan kay Cristo sa kanilang kalooban, tumatayo pa nga sila bilang mga manonood upang kutya at tuyain si Cristo, puno ang kanilang puso ng pagsuway. Kapag sila ay nagsasakatuparan ng kanilang gawain, sila ay paimbabaw na dumadaan sa proseso, una ay binabalikan nila ang mga tala ng pagbabahagi ng Diyos upang makita kung ano ang sinabi ng Diyos, at pagkatapos ay nagsisimula na sila sa trabaho, ginagawa ang mga bagay sa dati nilang paraan. Maaaring sabihin ng ilan, “Hindi iyan sinabi ng Diyos, bakit mo ito ginagawa nang ganito?” at sasabihin nila, “Hindi ito sinabi ng Diyos, pero alam ba ng diyos ang aktuwal na sitwasyon? Hindi ba’t kami ang talagang kailangang gumawa nito? Ano ba ang alam ng Diyos? Nagbigay lang siya ng prinsipyo, pero kailangan naming pangasiwaan ito ayon sa aktuwal na sitwasyon. Kahit narito pa ang diyos, kailangan pa rin naming pangasiwaan ito sa ganitong paraan. Nakikinig kami sa mga salita ng diyos kapag may kinalaman ito sa katotohanan, pero kapag tungkol sa propesyonal na gawain at walang kinalaman sa katotohanan, kami ang nagdedesisyon.” Nakinig sila sa mga katotohanang prinsipyo na ibinahagi ng Diyos, at nagtala tungkol sa mga ito, at ang lahat ay dumaan sa proseso at binalikan ang mga tala, pero pagdating sa kung paano dapat gawin ang mga bagay, sino ang may huling salita? Sa kanilang kaso, hindi ang katotohanan ang may kapangyarihan, lalong wala itong kinalaman sa paghawak ni Cristo ng kapangyarihan. Kaya, sino ang may hawak ng kapangyarihan? Ang isang anticristo ang may hawak ng kapangyarihan; isang tao ang may huling salita.

Sa kanilang perspektiba, ang katotohanan ay parang hangin, mga doktrina at mga islogan lang na binabanggit nang kaswal at pagkatapos ay kalilimutan na—ginagawa pa rin ng mga tao ang anumang kailangan nilang gawin, sa paanong paraan man nila gusto. Sa oras na iyon, sila ay pumayag nang walang pag-aatubili, at ang kanilang saloobin ay tila napakasinsero, pero pagdating sa totoong buhay, nagbabago ang lahat; hindi ito ayon sa inaakala.

Dahil ang mga anticristo ay palaging nagkikimkim ng mga kuru-kuro at ng paglaban sa Diyos na nagkatawang-tao at hindi sila kumbinsido sa loob-loob nila, sa pundamental ay hindi nila kinikilala ang Diyos na nagkatawang-tao sa kanilang puso; nananalig lamang sila sa Diyos na nasa langit. Sila ay tulad lang ni Pablo: Hindi siya tunay na kumbinsido kay Jesus na nagkatawang-tao, kundi puno siya ng mga kuru-kuro. Kaya sa lahat ng mga liham na kanyang isinulat, hindi siya kailanman nagpatotoo kay Jesus, hindi siya kailanman nagpatotoo sa mga salita ni Jesus bilang katotohanan, at hindi niya kailanman tinalakay kung mayroon siyang pagmamahal para kay Jesus. Ito ay mga bagay na nakikita ng mga tao; si Pablo ay isang tunay na anticristo. Ngayon, kaya ninyong makilala lahat na si Pablo ay isang klasikong halimbawa ng isang anticristo. Kahit pa ang mga kabilang sa kategorya ng mga anticristo ay kinikilala na ang mga salitang ipinahayag ng Diyos ay ang katotohanan, magagawa ba nilang tanggapin ang katotohanan? Magagawa ba nilang magpasakop kay Cristo? Magagawa ba nilang magpatotoo kay Cristo? Ibang usapin na iyon. Magagawa ba nilang magpasakop sa lahat ng ginagawa ni Cristo? Kung si Cristo ay nagsasaayos o nag-aatas ng gawain, tinatagubilinan ang mga tao kung paano ito gagawin, magagawa bang sumunod ng mga anticristo? Ang usaping ito ay pinakamalinaw na nagbubunyag sa mga tao. Ang mga anticristo ay hindi kayang sumunod; hindi nila pinapansin at minamaliit nila ang mga salita ni Cristo. Samakatwid, anuman ang partikular na gabay na ibinibigay ni Cristo o mga gampaning inaatas Niya para sa anumang gawain, hindi kailanman ipapatupad ng mga anticristo ang mga ito. Ang mga anticristo ay talagang ayaw magpasakop kay Cristo. Kahit paano isaayos ni Cristo ang gawain, ayaw nilang isakatuparan ito, palagi silang naniniwalang mas matalino ang kanilang sariling mga ideya at iniisip nilang pinakamainam na sundin ang kanilang sariling mga plano. Kung sasabihin mo sa kanila, “Kapag nahaharap sa mga sitwasyon, dapat kayong makipagtulungan sa tatlo o apat na iba pang tao, sumangguni kayo sa isa’t isa, higit pang magbahaginan tungkol sa mga katotohanang prinsipyo, at kumilos ayon sa mga prinsipyong iyon nang hindi nilalabag ang mga ito,” makikinig ba sila? Hindi sila nakikinig kahit kaunti; matagal na nilang isinantabi ang mga salitang ito at gusto nilang magkaroon ng huling desisyon. Sasabihin mo sa kanila, “Kung may isyung hindi malutas, maaari kang maghanap mula sa ang Itaas,” ngunit kapag talagang may problema at iniisip ng lahat na maghanap mula sa ang Itaas, sinasabi ng mga anticristo, “Bakit magtatanong pa tungkol sa napakaliit na bagay? Aabalahan lamang nito ang itaas. Kaya naming ayusin ito nang kami-kami lang, hindi na kailangang magtanong! Ako ang may huling salita, at ako ang mananagot kung

magkakaproblema!” Ang ganda pakinggan ng mga salitang ito, ngunit kaya ba talaga nilang pasanin ang mga kahihinatnan kapag talagang nagkakaproblema? Kung ang gawain ng iglesia ay magdusa ng kawalan, makakayanan ba nila ang kahihinatnan? Halimbawa, kung, dahil ang mga lider at manggagawa ay hindi maingat sa pagsasaayos ng mga pagtitipon, ang mga kapatid ay naaresto sa panahon ng pagtitipon, na nagdudulot sa ilan na maging negatibo at mahina at lugmok, sino ang maaaring managot sa gayong responsabilidad? Ang mga anticristo ba ay responsable sa kanilang mga salita? Sila ay lubos na iresponsable! Ito ang saloobin ng mga anticristo sa gawain. Sabihin ninyo sa Akin, kaya ba ng mga anticristo na tunay na tumanggap at magpasakop sa mga salitang sinasabi ni Cristo? (Hindi.) Sa puso ng mga anticristo, ano ang saloobin nila sa pagsasagawa ng katotohanan at pagpapasakop kay Cristo? Isang salita: paglaban. Palagi silang lumalaban. At ano ang disposisyon na napapaloob sa paglaban na ito? Ano ang nagdudulot nito? Pagsuway ang nagdudulot nito. Pagdating naman sa disposisyon, ito ay pagtutol sa katotohanan, ito ay pagkakaroon ng pagsuway sa kanilang puso, ito ay pagtangga nilang magpasakop. Kaya naman, ano ang iniisip ng mga anticristo, sa mga puso nila, kapag hinihingi ng sambahayan ng Diyos na ang mga lider at manggagawa ay matutong makipagtulungan nang may pagkakasundo, sa halip na isang tao lang ang nagdedesisyon ng lahat, na matuto silang magtalakay kasama ang iba? “Napakalaking abala na talakayin sa mga tao ang lahat ng bagay! Kaya kong magdesisyon tungkol sa mga bagay na ito. Ang pakikipagtulungan sa iba, pakikipagtalakayan sa kanila, paggawa ng mga bagay ayon sa prinsipyo—napakahina at nakakahiya!” Iniisip ng mga anticristo na naiintindihan nila ang katotohanan, na malinaw ang lahat sa kanila, na mayroon silang sariling pananaw at paraan ng paggawa ng mga bagay, kaya hindi nila kayang makipagtulungan sa iba, hindi nila tinatalakay sa mga tao ang kahit na anong bagay, ginagawa nila ang lahat sa sarili nilang pamamaraan, at hindi sumusuko sa kahit na sino! Kahit na pasalitang sinasabi ng mga anticristo na handa silang magpasakop at handang makipagtulungan sa iba, kahit na gaano pa kaganda ang mga sagot nila sa panlabas, gaano kasarap pakinggan ang mga salita nila, hindi nila kayang baguhin ang mapaghimagsik nilang kalagayan, hindi nila kayang baguhin ang kanilang mga satanikong disposisyon. Sa kalooban nila ay lubha silang salungat—gaano kalubha? Kung ipapaliwanag sa lengguwahe ng kaalaman, ito ay isang penomenon na nangyayari kapag ang dalawang bagay na may magkaibang kalikasan ay pinagsasama: pagtataboy, na maaari nating ipakahulugan bilang “pagsalungat.” Ito mismo ang disposisyon ng mga anticristo: paglaban sa ang Itaas. Gusto nilang labanan ang ang Itaas at wala silang sinusunod.

Kapag naharap ang mga anticristo sa mga salita ni Cristo, may iisang saloobin lamang sila: ang pagsuway; at ang kanilang tanging paraan ay pagsalungat. Halimbawa, sinabi Ko, “Malaki ang ating bakuran at kulang sa lilim. Sa taglamig, nagniningning ang araw sa buong paligid, na nagbibigay-daan sa mga tao na magpaaraw, ngunit nagiging mainit ito sa tag-araw. Bumili tayo ng ilang puno, mga puno na mabilis tumubo at

magbibigay ng sapat na lilim sa hinaharap, at na medyo malinis at maganda.” Ilan ang mga prinsipyo rito? (Tatlo.) Ang isa ay na ang mga puno ay mabilis tumubo, ang isa pa ay na ang mga puno ay malinis at medyo maganda, at ang isa pa ay na magbibigay ang mga ito ng sapat na lilim sa hinaharap, ibig sabihin, dapat ang mga ito ay may makakapal na sanga at dahon. Kailangan lamang ipatupad ng mga tao ang tatlong prinsipyong ito; kung ilan ang bibilhin, saan itatanim, at anong uri ng mga puno, sinabi Ko na rin sa kanila. Madali bang ipatupad ang gawaing ito? (Oo.) Itinuturing ba itong isang mahirap na gawain? (Hindi.) Hindi ito mahirap na gawain. Bakit hindi ito mahirap? May mga lugar na nagbebenta ng mga puno, nagbibigay ang sambahayan ng Diyos ng pondo, at ang mga pangunahing kondisyon para sa pagbili ng mga puno ay natutugunan na. Ang natitira na lang ay ang isakatuparan ito ng mga tao; wala namang mahirap sa gawaing ito. Ngunit para sa isang anticristo, may isang suliranin: “Ano? Bumili ng mga puno? Gumastos ng pera para lang sa lilim at para mas pagandahin ang kapaligiran? Hindi ba’t ito ay pag-iimbot ng kaginhawaan ng laman? Ang pera na iyon ay handog sa diyos, maaari bang gastusin ito nang ganoon na lang? Ano ang masama sa kaunting init? Ang araw ay nilikha ng diyos; mamamatay ka ba kung magpapaaraw ka? Iyon ang tinatawag na pagtanggap sa sinag ng araw at sa ulan. Kung ayaw mong magpaaraw, manatili ka sa loob ng bahay. At ngayon gusto mong gumastos ng pera para sa kaginhawaang ito—nananaginip ka siguro nang gising!” Pinag-iisipan nila: “Hindi ako ang may huling salita sa usaping ito; kung direkta kong tututulan ito, hindi maganda iyon. Maaari akong makondena, at maaaring hindi sumang-ayon ang iba. Kaya, iuulat ko ito sa grupo ng mga tagapagpasya. Saka, pinakamainam na hayaan ang mga kapatid na magpahayag din ng kanilang mga opinyon. Kung ang grupo ng mga tagapagpasya ay sumang-ayon, saka lang kami bibili ng mga puno; kung hindi, kahit pa sumang-ayon ang mga kapatid, hindi kami bibili.” Tinipon nila ang lahat, binanggit ang usapin, at pagkatapos ay hinayaan ang lahat na magtalakay at magpahayag ng kanilang mga opinyon. Sinasabi ng lahat, “Ang pagbili ng mga puno ay magandang bagay; makikinabang ang lahat.” Narinig ito ng anticristo at sinabi nito, “Paano ito nagiging magandang bagay? Ayos lang ba ito dahil lang sa makikinabang ang lahat? Kaninong pera ang pinakikinabangan ng lahat? Iyon ay paggasta ng pera ng diyos; hindi ba’t iyon ay pagwawaldas sa mga handog? Naaayon ba ito sa mga prinsipyo?” Pinag-isipan ito ng lahat: “Ang pagwawaldas sa mga handog para sa kapakinabangan ng lahat, para sa mga interes ng mga tao, parang hindi nga yata tama iyon.” Matapos ang mga talakayan, ang pinal na desisyon ay huwag bumili ng mga puno. Ang pera ay kailangang ipunin; kahit sino pa ang mag-utos, hindi ito magagawa. Pagkatapos ng gayong talakayan, isang kongklusyon ang nabuo. Ano ang kongklusyon? “Tungkol sa utos ni cristo sa pagkakataong ito, ang aming huling desisyon ay ang tutulan ito; hindi namin gagastusin ang mga handog o sasayangin ang kahit isang kusing ng pera ng sambahayan ng diyos. Sa kongkretong pananalita, ito ay nangangahulugang hindi kami bibili ng mga puno, hindi namin gagawing luntian ang bakuran.” Ito ang naging desisyon. Makalipas ang ilang araw, napansin Kong hindi pa rin

nabibili ang mga puno, kaya tinanong Ko, “Bakit hindi ka pa bumili ng mga puno?” “Ah, gagawin namin iyon mamaya.” Nang dumating na ang panahon at ang mga puno ng iba ay nagsipag-usbungan na, bakit wala pa rin silang binibili? Nang magtanong Ako, nalaman Kong matapos magtalakayan, hindi sila sumang-ayon na bumili ng mga puno; walang saysay ang Aking mga salita. Matapos magpulong, magtalakayan, at magsuri, nagkaisa ang lahat na tutulan ang Aking utos, na nangangahulugang: “Kami ang may huling salita rito. Tumabi ka. Ito ang aming sambahayan, wala kang kinalaman dito.” Anong uri ng pamamaraan ito? Hindi ba’t pagtutol ito? Hanggang sa anong antas ang kanilang pagtutol? Mayroon silang batayan, sinasabi nilang hindi nila sasayangin kahit isang salapi ng pera ng sambahayan ng Diyos, hindi gagastusin ang mga handog ng Diyos. Ano ang palagay ninyo sa batayang ito? Tama ba ang mga salitang ito? (Hindi.) Madalas, ang mga nagwawaldas at naglulustay sa mga handog ay ang mismong mga anticristong ito. Gusto nilang sila ang may huling salita, kaya nag-iimbento sila ng gayong mga teorya upang ilihis ang mga hangal, ignorante, at walang pagkilatis. At sa katunayan, may ilang tao na nalililang dito at kumikilos ayon sa kanilang mga salita, habang ang mga salita ni Cristo ay ginugulo at sinasabotahe ng mga anticristo, na nagiging sanhi ng pagkaantala sa pagpapatupad. Ano ang ugat ng problemang ito? Ang susi ay nasa hindi pagkakilatis ng mga hinirang na mga tao ng Diyos sa pagpapaimbabaw ng mga anticristo, palagi silang nalilihis ng paimbabaw na aspekto ng mga bagay-bagay, nabibigo silang makita ang diwa ng mga bagay-bagay. Ang mga anticristo ay tiranikong nagiging hadlang sa mga taong ito, na nagiging sanhi upang ang ilan sa hinirang na mga tao ng Diyos na walang pagkilatis ay madalas na malihis at makontrol ng mga ito.

Sa bawat partikular na pagsasaayos ng gawain at utos ni Cristo sa iglesia, kung walang mga anticristo na nagdudulot ng kaguluhan, mabilis na maisasakatuparan ang mga ito. Gayumpaman, kapag nakialam na ang isang anticristo, naaantala na ang gawain at hindi na maisasakatuparan. Minsan, ang mga pagsasaayos at utos na nilalayon ni Cristo na isakatuparan ng mga tao ay tahasang tinatanggihan ng mga anticristo dahil sa kung anong pagdadahilan. Sa paggawa niyon, gumagamit sila ng paraan ng pagpapasya na kasangkot ang lahat, sinasabi nila, “Ito ay napagbotohan ng mga kapatid; ito ang resulta ng kolektibong desisyon, hindi lamang ako ang nagdesisyon.” Ano ang ipinapahiwatig nito? Ipinapahiwatig nito na ang mga resolusyon ng mga kapatid ay naaayon sa katotohanan, at na kapag lumilitaw ang isang isyu, ang kolektibong desisyon ng mga kapatid ay nangangahulugang ang katotohanan ang may kapangyarihan. Ngunit kapag ang isang anticristong namamahala ay tumututol sa sinasabi ni Cristo, ito ba ang pagiging may kapangyarihan ng katotohanan? Malinaw na, sa katunayan, ang anticristo ang may kapangyarihan. Hindi ba’t kakatwa at mapanlinlang na sabihing ang katotohanan ang may kapangyarihan kung ang isang anticristo ang kumokontrol sa buong sitwasyon? Ang mga anticristo ay tunay na bihasa sa pagbabalatkayo! Kapag hinihiling ni Cristo na ipatupad nila ang isang bagay, at ipinaalam sa lahat na ito ay gawa ng Diyos, na Siya ay kumikilos nang may konsiderasyon para sa lahat, at ang lahat ay nagpapasalamat sa

biyaya ng Diyos, ito ay ikinadidismaya at ikinaaasiwa ng mga anticristo. Pagkatapos, pinipiga nila ang kanilang utak sa kakahanap ng mga paraan upang manggulo at manabotahe. Gayumpaman, kung nagkusa sila at sa huli ay lubos na nagpapasalamat at nagpapahalaga sa kanila ang lahat, mas masigasig pa nilang ipatutupad ito kaysa sa sinuman, handa silang magtiis ng anumang pagdurusa. Hindi ba't kasuklam-suklam ang gayong mga taong tulad ng mga anticristo? (Oo.) Anong uri ng disposisyon ito? (Isang buktot na disposisyon.) Ang mga anticristo ay may kakayahang magbalatkayo, nagpapanggap silang mabuting tao upang ilihis at akitin ang iba, nagpapanggap pa nga silang isinasagawa nila ang katotohanan. Ito ay kabuktutan. Anong katotohanan ang isinasagawa mo? Tinatanggi mo ang mga salita at utos na ibinigay ni Cristo, hindi mo kayang magpasakop sa mga ito at ipatupad ang mga ito. Nasaan ang katotohanan na sinasabi mong isinasagawa mo? Isa ka bang mananampalataya sa Diyos? Itinuturing mo ba ang Diyos bilang Diyos? Ang Diyos na sinasampalatayanan mo ay hindi mo kasamahan, hindi mo katrabaho, hindi mo kaibigan; Siya ay si Cristo, Siya ang Diyos! Hindi mo ba ito kinikilala? Palagi mong sinusuri at sinisiyasat ang mga salita ni Cristo, sinusubukang kilatisin ang katumpakan ng mga ito, tinitimbang ang mga positibo at negatibo—hindi ba't mali ang iyong nagiging posisyon? Ang mga anticristo ay bihasa sa pagsisiyasat at pagsusuri sa mga salita ng mga tao, at sa huli ay nagagamit nila kay Cristo ang walang tigil na pagsisiyasat na ito. Sinisiyasat at tinatrato nila si Cristo sa ganitong paraan—sila ba ay mga tagasunod ng Diyos? Hindi ba't sila ay mga hindi mananampalataya? Palagi nilang sinisiyasat si Cristo, ngunit kaya ba nilang maunawaan ang pagka-Diyos na diwa ni Cristo? Habang lalo nilang sinisiyasat si Cristo, lalo silang nagdududa, sa huli ay tinutukoy nila si Cristo bilang isang ordinaryong tao. May natitira pa bang tunay na pananampalataya o pagpapasakop sa kanila? Walang-wala. Sa puso ng isang anticristo, si Cristo ay itinuturing lamang na isang ordinaryong tao. Ang pagturing nila kay Cristo bilang isang tao ay tila natural sa kanila, kaya pakiramdam nila ay maaari nilang balewalain ang mga salita at utos ni Cristo, hindi nila isinasapuso ang mga ito kundi binabanggit lamang upang matalakay at masiyasat sa mga pagtitipon. Sa huli, ang nagdedesisyon kung paano isasagawa ang mga bagay ay ang anticristo, hindi ang Diyos. Ano ang tingin nila kay Cristo? Ang tingin nila sa Kanya ay isa lamang ordinaryong lider, na hindi talaga itinuturing si Cristo bilang Diyos. Hindi ba't ito ay kapareho ng kalikasan ng pananalig ni Pablo sa Diyos? Hindi kailanman itinuring ni Pablo ang Panginoong Jesus bilang Diyos, hindi kailanman kinain at ininom ni Pablo ang mga salita ni Jesus, ni hinangad na magpasakop sa Panginoong Jesus. Palagi niyang iniisip na para sa kanya, ang mabuhay ay si cristo, na sinusubukang palitan ang Panginoong Jesus, at sa huli, natanggap niya ang parusa ng Diyos. Dahil tinanggap mo na si Cristo ay ang Diyos na nagkatawang-tao, dapat kang magpasakop kay Cristo. Anuman ang sabihin ni Cristo, dapat kang tumanggap at magpasakop, huwag mong siyasatin at talakayin kung ang mga salita ng Diyos ay tama ba o naaayon sa katotohanan. Ang mga salita ng Diyos ay hindi para suriin at siyasatin mo, dapat kang magpasakop

sa mga ito at dapat mong ipatupad ang mga ito. Kung paano isasagawa ang mga bagay at kung paano matutukoy ang mga hakbang ng pagpapatupad—saklaw na iyon ng inyong pagbabahaginan at talakayan. Dahil, sa puso nila, laging pinagdududahan ng mga anticristo ang pagka-Diyos na diwa ni Cristo, at laging may masuwaying disposisyon, kapag iniatas sa kanila ni Cristo na gawin ang mga bagay-bagay, lagi nila itong sinisiyasat at tinatalakay, at hinihiling sa mga tao na tukuyin kung tama ba ang mga ito o mali. Malubhang problema ba ito? (Oo.) Hindi nila hinaharap ang mga bagay na ito mula sa pananaw ng pagpapasakop sa katotohanan; sa halip, hinaharap nila ito nang salungat sa Diyos. Ito ang disposisyon ng mga anticristo. Kapag naririnig nila ang mga utos at pagsasaayos ng gawain ni Cristo, hindi nila tinatanggap ang mga ito at hindi sila nagpapasakop sa mga ito, sa halip ay nagsisimula silang magtalakayan. At ano ang tinatalakay nila? Tinatalakay ba nila kung paano isagawa ang pagpapasakop? (Hindi.) Tinatalakay nila kung ang mga salita at utos ni Cristo ay tama o mali, at sinusuri nila kung dapat ba itong isagawa o hindi. Ang saloobin ba nila ay saloobin na gusto talagang isagawa ang mga bagay na ito? Hindi—gusto nilang hikayatin ang mas maraming tao na maging tulad nila, na hindi gawin ang mga bagay na ito. At ang hindi ba paggawa ng mga ito ay pagsasagawa ng katotohanan ng pagpapasakop? Malinaw na hindi. Kung gayon, ano ang ginagawa nila? (Sumasalungat.) Hindi lang sila sumasalungat sa Diyos, naghahanap pa sila ng sama-samang pagsalungat. Ito ang kalikasan ng kanilang mga kilos, hindi ba? Sama-samang pagsalungat: itinutulad nila sa kanila ang lahat, itinutulad sa kanilang pag-iisip ang pag-iisip ng lahat, itinutulad sa kanilang sinasabi ang sinasabi ng lahat, at itinutulad sa kanilang desisyon ang desisyon ng lahat; sama-samang nilalabanan ang mga desisyon at utos ni Cristo. Ito ang modus operandi ng mga anticristo. Ang paniniwala ng mga anticristo ay, “Hindi ito krimen kung ginagawa ito ng lahat,” kaya sinusulsulan nila ang iba na sumalungat sa Diyos kasama nila, iniisip nila na sa ganitong sitwasyon, walang magagawa ang sambahayan ng Diyos sa kanila. Hindi ba’t kahangalan ito? Ang sariling abilidad ng mga anticristo na salungatin ang Diyos ay napakalimitado, wala silang kasama. Kaya sinusubukan nilang manghimok ng mga tao upang sama-samang labanan ang Diyos, iniisip sa kanilang puso na “Ililihis ko ang isang grupo ng mga tao, at pag-iisipin at pakikilusin sila nang katulad ko. Sama-sama naming tatanggihan ang mga salita ni Cristo, at hahadlangan ang mga salita ng Diyos, at pipigilan ang mga ito na maisakatuparan. At kapag may taong dumating upang suriin ang gawain ko, sasabihin kong desisyon ng lahat na ganito ang gawin—at pagkatapos ay titingnan natin kung paano mo haharapin iyon. Hindi ko ito gagawin para sa iyo, hindi ko ito isasagawa—at tingnan natin kung ano ang gagawin mo sa akin!” Iniisip nila na may kapangyarihan sila, na walang magagawa ang sambahayan ng Diyos upang pangasiwaan sila, at pati si Cristo ay wala ring magagawa. Ano sa tingin ninyo, madali bang pangasiwaan ang gayong tao? Paano dapat pangasiwaan ang ganitong uri ng tao? Ang pinakasimpleng paraan ay ang tanggalin at imbestigahan sila. Sa sandaling ibunyag ng isang diyablo ang sarili nito, itiwag ito sa isang sipa lang, at iyon na ang katapusan. Tinutulutan ka ng sambahayan

ng Diyos na maging lider, pero hindi ka nagpapasakop at naglalakas-loob ka pang salungatin ang Diyos; hindi ba't isa kang diyablo? Itinatalaga ka ng sambahayan ng Diyos na mamuno para gumawa ka ng aktuwal na gawain, upang magpasakop ka sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, at upang magampanan mo nang maayos ang tungkulin mo. Dapat kang tumanggap at magpasakop sa mga salita ng Diyos; anuman ang sabihin ng Diyos, dapat mong tanggapin at ipatupad ang Kanyang mga salita, huwag mo Siyang salungatin. Ginawa mong tungkulin mo ang pagsalungat sa Diyos—kung gayon, pasensiya na, ngunit ang pagtatanggal sa iyo ang pinakasimpleng solusyon. Ang sambahayan ng Diyos ay may awtoridad na gamitin ka at may awtoridad ding tanggalin ka. Sinasabi ng ilang tao, “Maayos naman ang aking paggampan bilang lider, bakit ako tinanggal? Hindi ba't ito ay parang pagpatay sa asno sa sandaling tapos na ito sa paggiling ng butil?” Talaga bang maayos ang iyong paggampan nang ikaw ay tinanggal? Ang isang asno na naninipa at nangangagat nang walang dahilan, at hindi tumututok sa tamang gampanin kahit paano pa ito sanayin, ay talagang kailangang patayin pagkatapos nitong “gilingin ang butil.” Tungkol sa kung kailan ito papatayin, depende ito sa paggampan nito. Sabihin mo sa Akin, may sinuman bang magkukusang-loob na alisin ang isang mabuting asno? Sa panahon ng paggiling, ang asno ang pinakamahalaga at pinakaimportanteng katulong. Kapag ito ay kailangang-kailangan, may sinuman bang mangmang na papatayin ang asno, ihihinto ang paggiling, at mas pipiliing mamuhay nang walang butil? Mayroon bang gumagawa ng ganoon? (Wala.) Mayroon lamang isang sitwasyon kung saan mangyayari ito: Ang asno ay ayaw sumunod sa pagsasanay at patuloy na naninipa at nangangagat nang mabagsik, kaya nagiging imposible na itong makagiling ng kahit ano. Saka mo kailangang ihinto ang paggiling at patayin ang asno, tama ba? (Oo.) Ang mga may pagkilatis sa bagay na ito ay malinaw itong makikita. Kaya, paano dapat pangasiwaan ang mga anticristong hindi sumusunod, masuwayin, at bigong ipatupad ang anumang gawain? Ang pinakasimpleng paraan ay ang tanggalin muna sila sa kanilang posisyon. May ilang tao na nagtatanong, “Ang pagtatanggal ba ay katapusan na?” Bakit kailangang magmadali? Obserbahan ang kanilang kilos. Kapag sila ay tinanggal at nawalan ng kapangyarihan, kung nakakapagtrabaho pa rin sila sa sambahayan ng Diyos, hindi sila patatalsikin. Pero kung hindi sila nagtatrabaho at sa halip ay lalo nilang pinalalala ang mga bagay sa pamamagitan ng pagpapakalat ng mga kuru-kuro, paggawa ng masama, at paglikha ng kaguluhan sa lahat ng dako, kung gayon, ayon sa mga prinsipyo, sila ay dapat na patatalsikin. Sa pangkalahatan, hindi ba't kamuhi-muhi ang mga bagay na ito na ipinapamalas ng mga anticristo? (Lubhang kamuhi-muhi ang mga ito.) At ano ang nakamumuhi sa mga ito? Nais ng mga anticristo na ito na agawin ang kapangyarihan sa sambahayan ng Diyos; hindi nila maisasakatuparan ang mga salita ni Cristo, hindi nila ito isasagawa. Siyempre, maaaring may isa pang uri ng sitwasyon na sangkot kapag hindi makapagpasakop ang mga tao sa mga salita ni Cristo: Ang ilang tao ay mahina ang kakayahan, hindi nila naiintindihan ang mga salita ng Diyos kapag naririnig nila ang mga ito, at hindi nila alam

kung paano ito isasagawa; kahit na turuan mo sila kung paano, hindi pa rin nila kaya. Ibang usapan ito. Ang paksa na pinagbabahaginan natin ngayon ay ang diwa ng mga anticristo, na walang kinalaman sa kung kaya ba ng mga taong gumawa ng mga bagay, o kung ano ang kakayahan nila; may kinalaman ito sa disposisyon at diwa ng mga anticristo. Sila ay ganap na sumasalungat kay Cristo, sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, at sa mga katotohanang prinsipyo. Wala silang pagpapasakop, tanging paglaban. Ganito ang isang anticristo.

Isaalang-alang at kilatisin ninyo kung alin sa mga nabanggit na pagpapamalas ng mga anticristo ang sumusunod na sitwasyon. May isang lider na gumagawa araw-araw mula bukan-liwayway hanggang dapit-hapon, na tila napakaresponsable. Ngunit bihira siyang makita, na nagbibigay ng impresyon na siya ay abala sa trabaho at marahil ay hindi tamad, tila nagbabayad siya ng halaga upang gawin ang kanyang tungkulin. Kalaunan, noong may gawain na kailangang gawin sa kanilang tirahan at bakuran, nagsaayos kami ng isang tao upang gabayan sila sa trabaho. Kapag wala kami, dapat sana ay siya ang nanguna upang tumulong sa paggabay at maging responsable sa gawain; dapat sana ay nagkusa siya. Hindi ba't makatwiran at naaangkop ito? Kailangan bang palagi Akong naroon upang pangasiwaan ang mga gawaing bahay at mga gampanin? (Hindi.) Kadalasan, ang ganitong uri ng mga trabahong pisikal ay walang masyadong kaugnayan sa katotohanan. Ang mga tao ay kailangan lamang magtrabaho nang masigasig, huwag makisali sa mga mapanirang kilos, maging masunurin, at gawin ang hinihiling sa kanila—ito ay simple lang at madaling maisakatuparan. Kalaunan, nang ang mga gawain sa lugar na iyon ay halos tapos na, ngunit kailangan pa rin ng tuloy-tuloy na pamamahala, ipinasa Ko ang responsabilidad sa lider na ito. Sinabi Ko sa kanya na panatilihin malinis ang lugar, na siguraduhin niyang maayos ang lahat ng kailangang pangalagaan. Mayroong dalawang pangunahing bagay: Una, panatilihin malinis at maayos sa loob at labas ang lahat ng nakatakdang espasyo at ang lahat ng silid. Pangalawa, alagaan nang mabuti ang mga halaman; halimbawa, diligan ang mga bagong tanim upang hindi mamatay ang mga ito, tabasan ang mga ito ayon sa panahon at sa paglaki ng mga ito, at lagyan ng pataba ang mga ito kapag kailangan. Ito lamang dalawang gawaing ito—sa tingin ba ninyo ay marami iyon? Nakakapagod ba iyon? (Hindi.) Ang dalawang gawaing ito ay hindi marami; kaya itong tapusin sa pamamagitan lamang ng paglalakad pagkatapos kumain. Bukod dito, hindi ba't kailangan mo ring pangalagaan ang iyong sariling kapaligiran? Ganito lang talaga ang pamumuhay bilang tao; ang ganitong uri ng mga gawain ay mahalaga sa normal na buhay ng tao. Kailangan mong pamahalaan ang iyong sariling kapaligiran. Kung hindi, hindi ka naiiba sa mga hayop. Matatawag ka pa rin bang tao kung gayon? Ang mga hayop ay hindi pinamamahalaan ang kanilang mga kapaligiran; wala silang mga itinalagang lugar para sa mga pangangailangan ng kanilang katawan, ni wala silang mga itinalagang lugar para sa kanilang pagkain at pagtulog. Ang mga tao ay mas mataas kaysa sa mga hayop sa aspektong ito; pinamamahalaan ng mga tao ang kanilang kapaligiran, nagmamalasakit

silâ sa kalinisan, at may mga pamantayan para sa kanilang kapaligiran. Kaya, hindi labis ang hinihingi Ko sa kanya, hindi ba? (Tama.) Matapos itataga ang mga gawaing ito, umalis Ako patungo sa ibang lugar, at ang lider ang dapat na magsagawa ng mga partikular na gawain. Isang araw, bumalik Ako upang suriin kung paano pinamamahalaan ang kapaligiran, at habang papunta Ako, nakaramdam Ako ng pighati, pagkainis, at galit! Ano sa tingin ninyo ang nangyari? Ano ang maaaring maging dahilan ng ganitong mga emosyon? (Hindi niya isinakatuparan ang mga utos at pagsasaayos ng Diyos.) Mismo, iyon lang ang tamang paraan ng paglalarawan dito—hindi niya isinakatuparan ang mga ito. Sa panahon na wala Ako, ang panahon ay hindi naman masyadong tuyo, ngunit marami sa mga bagong tanim na puno ang nanilaw na ang mga dahon, ang ilan ay nalalagas pa. Ang nakakagalit pa, mula sa malagong berde, ang mga dahon ng dalawang sikat na puno ng bulaklak ay naging kulay ube na pula, halos naninilaw na. Nagagalit ba kayo kapag naririnig ito? Ang mas nakakagalit pa, ang malinis na sementadong plataporma sa may pasukan ay may mga kalat na basket, plastic bag, basura, mga piraso ng kahoy mula sa natapos na trabaho, mga pako, mga kasangkapan—lahat ay nakakalat, kaya marumi at magulo ang kapaligiran! Sino ba ang hindi magagalit sa ganitong tanawin? May isang uri lamang ng tao ang hindi magagalit—iyong mga nabibilang sa kategorya ng mga hayop, na walang pamantayan o hindi sensitibo sa kanilang kapaligiran, walang pakialam sa amoy, kalinisan, o ginhawa, at ganap na walang alam kung ano ang mabuti o masama. Ang sinumang may normal na pagkatao, na may pamantayan para sa kanilang kapaligiran at may kakayahang mag-isip, ay magagalit kapag nakakita ng gayong kondisyon. Isang malaking grupo ng mga tao ang naninirahan doon, ngunit hindi nila magawang asikasuhin ang ganito kaliit na gawain. Anong uri ng mga tao sila? Matapos Kong magbigay ng mga tagubilin, ganito nila tinrato ang mga ito, ganito ang ginawa nila. Ang pamamahala sa kapaligiran dito at pag-aasikaso sa ilang bagay na ito ay hindi nakakapagod, hindi ba? Hindi ito nakakahadlang sa alinman sa iyong mga aktibidad, hindi ba? Hindi nito naaapektuhan ang iyong mga pagtitipon, panalangin, o pagbabasa ng salita ng Diyos, hindi ba? Kaya bakit hindi ito magawa? Kapag narito Ako, na nangangasiwa at nagbabantay, gumagawa ang mga taong ito, ngunit sa sandaling umalis Ako, tumitigil sila; walang umaako ng responsabilidad. Ano ang nangyayari dito? Itinuturing ba nila ang lugar na ito bilang kanilang tahanan? (Hindi.) Sinasabi pa rin nila na ang kaharian ni Cristo ang kanilang mainit na tahanan, ngunit ganoon ba talaga ang iniisip nila? Ganoon ba talaga sila kumikilos? Hindi. Hindi man lang nila pinamamahalaan ang kapaligirang tinitirhan nila. Kahit na nagbilin Ako sa kanila, walang umaako ng responsabilidad, at walang nagmamalasakit. Kapag sinabi sa kanila na magtrabaho, gumagawa sila ng kaunti, ngunit pagkatapos ng trabaho, basta na lang nilang itatapon sa tabi ang mga kasangkapan, iniisip nila, “Kung sinuman ang may pakialam, siya na ang bahala rito, hindi ko na problema ito. Hangga’t may pagkain at tirahan ako, ayos na ako.” Anong klaseng pagkatao ito? Anong uri ng moralidad? Ang gayong tao ba ay may kaunting normal na pagkatao man lang? Ang manampalataya sa Diyos sa loob ng

napakaraming taon nang walang anumang pagbabago ay tunay na hindi kapani-paniwala! Labis ang naging pagsisikap Ko upang gawin ang mga bagay na ito para sa inyo, inayos Ko ang lahat nang napakaganda. Hindi Ako naninirahan dito, hindi Ko tinatamasa ang anuman sa mga ito—lahat ito ay para sa inyo. Hindi ninyo kailangang maging mapagpasalamat; pamahalaan lang ninyo ang inyong sariling kapaligiran at ayos na iyon—bakit napakahirap gawin niyon? Kalaunan, napagtanto Ko na may dahilan ang ganitong pag-uugali. Ang mga tao ay pumupunta sa sambahayan ng Diyos, iniwan man nila ang kanilang mga pamilya at propesyon o iniwan ang kanilang mga pag-aaral at inaasam sa hinaharap, upang gawin ang kanilang tungkulin, hindi upang maging mga pangmatagalang manggagawa para sa Akin. Bakit? Hindi sila tumatanggap ng kahit isang kusing, kaya bakit dapat silang makinig sa Akin? Bakit dapat nilang pamahalaan ang kapaligiran para sa Akin? Bakit dapat nilang gugulin ang ganitong pagsusumikap para sa Akin? Ganito sila mag-isip. Pakiramdam nila, ang paggawa ng kanilang sariling gawain nang mabuti at pagtupad sa kanilang mga tungkulin ay sapat na, na ang pag-aasikaso sa mga bagay na saklaw ng kanilang gawain ay kumukompleto na sa kanilang mga responsabilidad. Anumang iba pa na Aking hinihiling, basta't nauugnay ito sa kanilang mga tungkulin at propesyon, ay maaari nilang isaalang-alang, ngunit ang iba ay dapat Kong hanapan ng ibang tao na gagawa. Ang ipinahihiwatig na mensahe ay, “Kami ay mga tao ng kaharian; paano namin magagawa ang ganito karumi at kanakakapagod na gawain? Kami ay mga tao na mataas ang uri; ang palaging pagpapagawa sa amin ng mga mababa at nakakahamak na gawain ay nakakasira sa aming imahe! Kami ay mga tao ng isang partikular na pagkakakilanlan, bakit mo kami laging pinahihirapan?” Pagkatapos Kong maunawaan ito, nagkaroon Ako ng kaunting kabatiran kung bakit karamihan sa mga tao ay tutol, laban sa pagtatrabaho, at ayaw magtrabaho, kung bakit nila ikinukumpara ang sarili nila sa iba at kung bakit sila nanlalansi upang iwasan ang kanilang mga tungkulin kapag sila ay gumagawa—ito ay dahil karamihan ay hindi hinahangad ang katotohanan. Ang hindi paghahangad sa katotohanan ay isang pangkaraniwang kasabihan, ngunit sa realidad, maraming tao ang likas na gustong maging komportable at kinamumuhian nila ang gawain. Dagdag pa na kontrolado sila ng mentalidad na makaraos lang, naniniwala sila na ang paghahangad sa katotohanan ay nangangahulugan ng pag-upo nang magkakatabi, pag-uusap, at pagtatalakay, tulad lamang sa bansa ng malaking pulang dragon kung saan ang mga tao ay palaging nagpupulong, nagbabasa ng mga diyaryo, at umiinom ng tsaa—iyon, sa kanilang palagay, ang pananampalataya sa Diyos at paggawa sa kanilang tungkulin. Sa sandaling mapag-usapan ang tungkol sa paggawa at pagtatrabaho nang tulad ng mga magsasaka, marami ang naniniwala na ang pamumuhay nang ganito ay walang kinalaman sa atin bilang mga Kristiyano. Ang buhay ng isang Kristiyano ay hiwalay sa “mabababang kasiyahan.” Sa loob-loob nila, naniniwala sila na hindi para sa kanila ang mga pangkaraniwang gawain sa mundo—ang paglilinis, pagkontrol ng peste, pagsasaka, pagtatabas, pagtanim ng mga bulaklak, at iba pa ay pawang walang kinalaman sa kanila; matagal na nilang nalampasan ang gayong

mabababang uri ng pamumuhay. Hindi ba't ganito ang kalagayan ng karamihan sa mga tao? (Oo.) Madali bang ituwid ang ganitong uri ng kalagayan? May ilang tao, na kapag inatasang pag-aralan ang pagpapatakbo ng makina, ay hindi ito sineseryoso at sadyang ginagamit nang mali ang makina, kaya nasisira ang makina sa loob lamang ng ilang araw. Ang mga bagong biling makina ay nasisira, at hindi maliit ang gastos sa pagpapaayos ng mga ito. Iniisip nila: "Hindi ba't sinabihan mo ako na mag-aral? Ngayong nasira ko na ang makina at wala nang makinang natitira, mayroon na akong dahilan upang magpahinga, hindi ba? Hindi ko na kailangang magtrabaho, hindi ba? Palagi mong hinihingi sa akin na matuto, at ito ang resulta. Ito ba ang gusto mong makita?" Ang gastos sa pagpapaayos ng ilang makina ay halos katumbas ng pagbili ng bago. Ang ilang tao ay hindi sumasama ang loob o nakokonsensiya man lang pagkatapos gumawa ng mga ganoong pagkakamali. Kapag ikinumpara mo ito sa naunang nabanggit na kuru-kuro ng "hindi paggastos ng kahit isang kusing sa pera ng sambahayan ng diyos, dahil ito ay isang handog sa diyos," aling pahayag ang sinalita nang taos, at aling pag-uugali ang realidad? Sinisira nila ang makina, at ang gastos sa mangilan-ngilang pagpapaayos ay sapat na upang bumili ng bagong makina. Ang maaksayang pag-uugali na ito ang realidad, habang ang pahayag tungkol sa hindi pag-aaksaya ng mga handog ay huwad, mapanlinlang, at mapanlihis. Kaugnay sa halimbawa na tinalakay kanina, kung ikakategorya natin ito sa ilalim ng disposisyon o diwa ng isang anticristo, sa aling aspekto ng talakayan ngayon ang may kaugnayan dito? Sa aling aspekto ito maililista? Sinasabi nila, "Narito ako upang gawin ang aking tungkulin, hindi upang maging pangmatagalang trabahador mo." Tama ba ang pahayag na ito? Narito ka upang gawin ang iyong tungkulin, ngunit sino ang tumukoy kung ano ang saklaw at hindi saklaw ng tungkuling iyon? Hindi ba't ang mga gawaing ito ay bahagi ng dapat mong gawin? Tulad lamang sa pang-araw-araw na buhay, ang paglabas upang kumita ng pera para suportahan ang iyong pamilya ay iyong responsabilidad. Kung gusto mo ng mga gulay at nagdesisyon kang ikaw mismo ang magtatanim, desisyon mo iyon, ngunit ibig bang sabihin nito na hindi mo na responsabilidad ang iba pang mga gawaing bahay? Ang pahayag na narito ka upang gawin ang iyong tungkulin ay tama, ngunit may problema ang pagsasabing hindi ka naririto upang maging pangmatagalang trabahador. Ano ang ibig sabihin ng "pangmatagalang trabahador"? Sino ang tumatrato sa iyo nang ganoon? Walang nagtuturing sa iyo bilang isang pangmatagalang trabahador, at hindi ka nagiging pangmatagalang trabahador dahil sa mga gawaing ito o dahil sa paggugol mo ng kaunting pagsisikap. Hindi kita nakikita bilang pangmatagalang trabahador, at hindi ka rin ginagamit nang ganoon ng sambahayan ng Diyos. Ginagawa mo ang mga gawaing responsabilidad mo; lahat ng ito ay nasa saklaw ng iyong tungkulin. Sa mas maliit na saklaw, ito ay tungkol sa pagpapanatili ng iyong pang-araw-araw na buhay, na tinitiyak ang iyong pisikal na normal na kalagayan at normal na takbo ng katawan, na tinitiyak na ikaw ay namumuhay nang maayos. Sa mas malaking saklaw, ang bawat gawain ay may kinalaman sa pagpapalaganap ng gawain ng Diyos. Kaya bakit handa kang gawin ang ilang gawaing ito ngunit hindi ang iba? Bakit ka

namimili? Bakit mo itinuturing na ang paggugol ng kaunting pagsisikap, paglilinis, at pamamahala sa kapaligiran ay gawain ng isang pangmatagalang trabahador, bilang mababang trabaho? Narito ang isang dahilan: Pagdating sa mga utos ni Cristo at sa lahat ng Kanyang mga kahilingan, itinuturing ng mga tao ang mga gawaing nais nilang gawin bilang bahagi ng kanilang tungkulin, habang ang mga gawain na ayaw o tinatanggihan nilang gawin ay itinuturing bilang gawain ng isang pangmatagalang trabahador. Hindi ba't ito ay pagbabaliko sa mga katunayan? Ito ay paglihis sa pagkaunawa ng mga tao. Ano ang sanhi ng ganitong paglihis? Ang mga kagustuhan ng mga tao. At saan nakahilig ang mga kagustuhang ito? Nakasalalay ito sa kung ang laman ay nahihirapan. Kung ang laman ay hindi makapagtamasa ng kaginhawaan, kung ito ay nagtitiis ng hirap o pagod, ang mga tao ay nagiging mapanlaban. Ang mga gawain na handa silang gawin, ang mga gawaing glamoroso at karespe-respeto, ay tinatanggap nang labag sa loob at itinuturing bilang paggawa sa kanilang tungkulin. Maaari bang ikategorya ang ganitong saloobin bilang pagsalungat kay Cristo? Ang mga tao ay mahigpit na sumasalungat at tumatanggi sa paggawa ng mga gawaing ayaw nilang gawin; gaano man kahusay ang iyong argumento, sadyang tumatanggi at sumasalungat sila. Madali bang lutasin ang mga kalagayan at problemang ito ng mga tao? Nakasalalay ang lahat ng ito sa kung gaano kamahal ng isang tao ang katotohanan. Kung ang isang tao ay wala talagang pagmamahal sa katotohanan at tutol siya rito, hindi siya magbabago kailanman. Gayumpaman, kung mayroon kang determinasyong magdusa, kung kaya mong maghimagsik laban sa laman, at magtaglay ng tunay na pagpapasakop at ng isang saloobin ng pagpapasakop, kung gayon, ang mga isyung ito ay madaling malulutas, hindi ba? (Tama.) Sa buhay ng isang tao, hindi maaari na walang paggawa ng anumang trabaho. May ilang taong nagsasabi, "Ang mga emperador dati ay hindi gumawa ng anumang trabaho." Totoo ba talaga iyon? Karamihan sa mga emperador ay hindi ginugol ang kanilang mga araw nang nagsasaya lamang sa buhay sa palasyo. Ang ilan ay nagsimulang mag-aral ng tula at panitikan sa murang edad, nagtatrabaho mula bukas-liwayway hanggang dapit-hapon. Pagkatapos umupo sa trono, sila ay bumibisita nang palihim upang maunawaan ang mga hinaing ng mga tao, at sa mga panahon ng pambansang krisis, ang ilan ay pumunta pa sa digmaan. Bagaman hindi marami ang mga emperador na tulad nito, talagang may ilan na ganito. Kahit na mayroon mang mga emperador na wala talagang ginawa, tulad ng sinasabi ng ilang tao, napakakaunti ng ganoon. Ang isang taong hindi gumagawa ng anumang tamang aktibidad ngunit nangangarap pa rin ng pagtatamasa lamang ng pinakamagandang bagay ay nagpapantasya lamang.

Maraming tao ang palaging iniisip na ang paggugol ng kanilang sarili sa manomanong trabaho ay isang bagay na walang dignidad. Tama ba ang pananaw na ito? Mayroon ding mga tao na nakikita ang gayong pagsusumikap bilang pagtatrabaho, naniniwala sila na tanging ang mga lider at manggagawa na gumagawa ng gawaing iglesia ang nakokonsidera bilang paggampan ng isang tungkulin—tama ba ang ganitong uri ng pag-unawa? (Hindi.) Dapat mong maunawaan ang bagay na ito sa ganitong

paraan: Kailangang magampanan ng mga tao ang lahat ng hinihingi ng Diyos sa mga tao, at ang lahat ng iba't ibang uri ng gawain sa sambahayan ng Diyos—ang mga bagay na ito ay pawang maituturing bilang mga tungkulin ng mga tao. Kahit ano pang gawain ang gawin ng mga tao, ito ang tungkuling dapat nilang gampanan. Napakalaganap ng saklaw ng mga tungkulin, at kinapapalooban ng maraming aspekto, pero kahit ano pang tungkulin ang ginagampanan mo, sa madaling sabi, ito ay obligasyon mo at isang bagay na dapat ginagawa mo. Hangga't pinagsisikapan mong gampanan ito nang mabuti at nang may puso, sasang-ayunan ka ng Diyos, at kikilalanin ka Niya bilang isang taong tunay na nananampalataya sa Diyos. Kahit sino ka pa, kung lagi mo na lang sinusubukang iwasan o pagtaguan ang iyong tungkulin, may problema nga. Sa magaan na pananalita, masyado kang tamad, masyadong tuso, batugan ka, at mahilig ka sa kalayawan at namumuhi ka sa paggawa. Sa mas seryosong pananalita, ayaw mong gampanan ang iyong tungkulin, at wala kang katapatan o pagpapasakop. Kung hindi mo man lang magugol nang pisikal ang sarili mo upang pasanin ang kaunting gawaing ito, ano ang kaya mong gawin? Ano ang kaya mong gawin nang wasto? Kung ang isang tao ay tunay na may katapatan at may pagpapahalaga sa responsabilidad sa kanyang tungkulin, kung gayon, hangga't hinihingi ito ng Diyos, at hangga't kailangan ito ng sambahayan ng Diyos, gagawin niya ang anumang hilingin sa kanya, nang hindi namimili ng gusto niya. Hindi ba't isa sa mga prinsipyo ng paggampan sa isang tungkulin ay ang akuin at gawin nang mabuti ang anumang makakaya at nararapat gawin ng isang tao? (Oo.) Hindi sang-ayon ang ilang gumagawa ng mano-manong trabaho sa labas, at sinasabing, “Ginugugol ninyo ang buong maghapon sa paggawa ng inyong tungkulin sa inyong silid, na protektado mula sa ihip ng hangin at init ng araw. Wala man lang kahirap-hirap doon, mas maginhawa ang inyong tungkulin kaysa sa amin. Ilagay ninyo ang sarili ninyo sa sitwasyon namin, tingnan natin kung kakayanin ninyong magtrabaho nang ilang oras sa labas, kung saan may hangin at ulan.” Sa katunayan, bawat tungkulin ay may kasamang kaunting hirap. Ang pisikal na trabaho ay may kasamang pisikal na hirap, at ang trabahong pang-isipan ay may kasamang hirap sa isipan; bawat isa ay may mga paghihirap. Lahat ay mas madaling sabihin kaysa gawin. Kapag talagang ginampanan ng mga tao ang isang gawain, sa isang banda, ang mahalaga ay ang kanilang karakter, at sa isa pang banda, ay kung minamahal ba nila ang katotohanan o hindi. Pag-usapan muna natin ang tungkol sa karakter. Kung ang isang tao ay may mabuting mga katangian, nakikita niya ang positibo sa lahat ng bagay, at nagagawa niyang tanggapin at unawain ang mga bagay mula sa positibong pananaw at batay sa katotohanan; ibig sabihin, ang kanyang puso, karakter, at espiritu ay matuwid—mula ito sa pananaw ng karakter. Sunod, pag-usapan natin ang isa pang aspekto—kung mahal ba ng isang tao ang katotohanan o hindi. Ang pagmamahal sa katotohanan ay tumutukoy sa kakayahang tanggapin ang katotohanan, na ibig sabihin, naiintindihan mo man ang mga salita ng Diyos o hindi, at kung nauunawaan mo man ang layunin ng Diyos o hindi, kung naaayon man sa katotohanan ang iyong pananaw, opinyon, at perspektiba sa trabaho, sa tungkuling dapat mong gampanan,

nagagawa mo pa rin itong tanggapin mula sa Diyos; kung ikaw ay mapagpasakop at sinsero, sapat na ito, ginagawa ka nitong karapat-dapat na gampanan ang tungkulin mo, at ito ang pinakamababang hinihingi. Kung ikaw ay mapagpasakop at sinsero, kapag isinakatuparan mo ang isang gawain, hindi ka magiging pabaya, at hindi ka magiging tamad nang may paglilinlang, sa halip, ibubuhos mo ang iyong buong puso at lakas dito. Kung ang panloob na kalagayan ng isang tao ay mali, at ang negatibong damdamin ay lumitaw sa kanya, nawawala ang kanyang sigasig at ginugusto niyang maging pabaya; alam na alam niya sa puso niya na hindi tama ang kanyang kalagayan, ngunit hindi pa rin niya ito sinisikap na ayusin sa pamamagitan ng paghahangad sa katotohanan. Ang mga ganitong tao ay walang pagmamahal sa katotohanan at bahagya lamang na gustong gampanan ang kanilang tungkulin; hindi sila mahilig magsumikap o magdusa ng hirap at palagi nilang sinusubukang magpakatamad nang may paglilinlang. Sa katunayan, nasiyasat na ng Diyos ang lahat ng ito—kaya bakit hindi Niya pinapansin ang mga taong ito? Ang Diyos ay naghihintay lamang na ang Kanyang hinirang na mga tao ay magising, na kilatisin at ilantad ang mga taong iyon, at itiwag ang mga iyon. Gayumpaman, iniisip pa rin ng gayong mga tao, “Tingnan ninyo kung gaano ako katalino. Parehas tayo ng kinakain, pero pagkatapos magtrabaho ay pagod na pagod kayo, samantalang hindi man lang ako napagod. Ako ang matalino rito. Hindi ako nagtatrabaho nang husto; ang sinumang nagtatrabaho nang husto ay isang mangmang.” Tama ba na tingnan nila ang matatapat na tao sa ganitong paraan? Hindi. Sa katunayan, ang mga taong nagtatrabaho nang husto habang ginagampanan ang kanilang tungkulin ay isinasagawa ang katotohanan at pinalulugod ang Diyos, kaya sila ang pinakamatalino sa lahat. Ano ang nagpapatalino sa kanila? Sinasabi nila, “Hindi ako gumagawa ng anumang bagay na hindi hinihingi ng Diyos na gawin ko, at ginagawa ko ang lahat ng hinihingi Niyang gawin ko. Ginagawa ko ang anumang hinihingi Niya, ibinibigay ko ang buong puso at lakas ko rito, at hinding-hindi ko iniraraos lang ang mga ito. Hindi ko ito ginagawa para sa sinumang tao, ginagawa ko ito para sa Diyos. Mahal na mahal ako ng Diyos; dapat kong gawin ito upang mapalugod ang Diyos.” Ito ang tamang pag-iisip. Bilang resulta, kapag nag-aalis ng mga tao ang iglesia, ang mga tuso sa paggampan ng kanilang tungkulin ay pawang itiniwalag, habang ang mga matapat na tao na tumatanggap sa pagsisiyasat ng Diyos ay nananatili. Ang mga kalagayan ng mga matapat na taong ito ay patuloy na bumubuti, at sila ay pinoprotektahan ng Diyos sa lahat ng mga nangyayari sa kanila. At paano nila nakakamit ang proteksiyong ito? Ito ay dahil, sa kanilang puso, sila ay matapat. Hindi sila natatakot sa hirap o pagod kapag ginagampanan nila ang kanilang tungkulin, at hindi sila mapili sa anumang iniaatas sa kanila; hindi sila nagtatanong kung bakit, ginagawa lang nila kung ano ang sinabi sa kanila, sumusunod sila, nang walang anumang imbestigasyon o pagsusuri, o pagsasaalang-alang sa anumang bagay. Wala silang mga kalkulasyon, at kaya nilang sumunod sa lahat ng bagay. Ang kanilang panloob na kalagayan ay laging napakanormal. Kapag nahaharap sa panganib, pinoprotektahan sila ng Diyos, kapag sumasapit sa kanila ang karamdaman o salot,

pinoprotektahan din sila ng Diyos, at sa hinaharap ay magtatamasa lamang sila ng mga pagpapala. May ilang tao na sadyang hindi makilatis ang bagay na ito. Kapag nakakakita sila ng mga matapat na tao na kusang nagtitiis ng hirap at pagod sa paggampan ng kanilang tungkulin, iniisip nila na ang matatapat na taong ito ay mga mangmang. Sabihin ninyo sa Akin, ito ba ay kamangmangan? Ito ay sinseridad, ito ay tunay na pananalig. Kung walang tunay na pananalig, maraming bagay na hindi talaga maiintindihan o maipapaliwanag. Ang mga nakakaunawa lamang sa katotohanan, ang mga palaging namumuhay sa harap ng Diyos at may normal na mga ugnayan sa Kanya, at ang mga tunay na nagpapasakop at tunay na natatakot sa Diyos, ang siyang may pinakamalinaw na pagkaalam sa kanilang puso kung ano ang tunay na nangyayari. Bakit alam nila samantalang ang iba ay hindi? Ito ay nagmumula sa kanilang pagkakaroon ng karanasan sa pamamagitan ng pagsasagawa sa katotohanan at pagiging matatapat na tao. Ang karanasang ito ay hindi maibibigay ng sinumang tao, hindi rin ito mananakaw o makukuha ng sinuman. Hindi ba't ito ay isang pagpapala? Ang gayong pagpapala ay hindi maaaring makuha ng mga karaniwang tao. At bakit ganito? Ito ay dahil ang mga tao ay labis na mapanlinlang at buktot; hindi nila kayang maging matapat, hindi nila kayang maging matatapat na tao, at wala silang taos na puso, kaya ang kanilang natatanggap ay limitado. Tungkol naman sa mga anticristo, lalong hindi na kailangang banggitin pa sila. Batay sa kanilang mga saloobin sa iba't ibang bagay, pati na rin sa kanilang kalikasang diwa, at lalo na batay sa kanilang saloobin kay Cristo, ang mga taong tulad ng mga anticristo ay hindi kailanman tatanggap ng pagpapalang ito. Bakit ganito? Ito ay dahil ang kanilang puso ay labis na buktot at mapanlinlang! Iba-iba ang kanilang pagtrato depende sa tao, nagbabago sila ng kulay tulad ng isang hunyango, at palaging tumatakbo ang kanilang isipan, hindi pakakawalan ang lawin hangga't hindi nakikita ang kuneho, hindi sila nagiging sinsero sa Diyos, wala silang pagpapasakop sa Kanya, nakikipagtransaksiyon lamang sila sa Kanya. Ano ang kahihinatnan ng gayong mga saloobin at diwa? Ito ay na, sa anumang bagay, hindi nila nakikilatis o naiintindihan ang diwa ng iba't ibang tao at sitwasyon, pati na rin ang mga katotohanang sangkot sa mga sitwasyong ito. Ang mga salita ng Diyos ay inilatag sa harap nila, at sila ay edukado, marunong silang magbasa at magsuri, mayroon silang talino, at marunong silang magsiyasat, kaya bakit hindi sila makaintindi? Kahit gaano man sila katagal mabuhay, kahit umabot pa sila sa 80 taon, hindi pa rin sila makakaintindi. Bakit hindi sila makakaintindi? Ang pinakamahalagang dahilan ay sapagkat ang kanilang mga mata ay nakapiring. Sinasabi ng ilang tao, "Ngunit hindi pa namin nakitang nakapiring ang kanilang mga mata." Ang kanilang puso ang napiringan. Ano ang ibig sabihin ng napiringan? Ibig sabihin, ang kanilang puso ay hindi nabibigyang-liwanag; ang mga ito ay palaging nababalot. Noon, sinabi na "ang puso ng mga tao ay manhid." Kaya, sino ang nagpamanhid sa puso ng mga anticristo? Sa realidad, ang Diyos ang hindi nagbigay-liwanag sa kanila. Hindi Niya nilalayong gawin silang perpekto o iligtas sila. Siya ay nakikialam lamang sa tamang oras, sa mga kritikal at mahalagang sandali, upang pigilan sila nang kaunti at maiwasan ang

pinsala sa mga interes ng sambahayan ng Diyos. Ngunit kadalasan, pagdating sa mga usapin ng mga salita ng Diyos, sa katotohanan, pagpapasakop sa Kanya, pagkilala sa kanilang sarili, at pagkilala sa Kanya, hindi Niya sila kailanman binibigyang-liwanag. Maaaring sabihin ng ilan, “Hindi iyan tama. Paano Mo nasasabing hindi Niya sila binibigyang-liwanag? Ang ilan sa mga nailarawan na bilang mga anticristo ay napakatalino. Pagkatapos marinig ang isang sermon, kung ikaw ay magsasalita sa loob ng tatlong oras, kaya nilang magsalita sa loob ng anim na oras. Hindi ba’t iyon ay kaliwanagan?” Kahit ilang oras silang nakakapagsalita, kahit na 30, iyon ay pawang mga salita at doktrina lamang. Mas mahusay bang magsalita ang mga Pariseo at mga eskriba kaysa sa mga ito? Ang bawat isa sa kanila ay eksperto sa pangangaral, at ang bawat isa sa kanila ay mahusay magsalita, ngunit anong kabutihan ang naidulot nito? Nang dumating ang Diyos, nilabanan at kinondena pa rin nila Siya. Anong idinulot nito sa kanila? Ito ay nagdulot sa kanila ng pagkawasak, perdisyon, at malaking sakuna. Sa panlabas, ang bawat tao sa sambahayan ng Diyos ay tila gumagampan ng kanilang tungkulin, ang bawat isa ay kumakain nang tatlong beses sa isang araw, gumagampan ng kanilang mga tungkulin sa araw, at nagpapahinga sa gabi. Gayumpaman, pagkatapos ng ilang taon, ang mga pagkakaiba sa pagitan ng iba’t ibang uri ng tao ay nagiging malaki, at ang mga kinalabasan ng iba’t ibang uri ng tao ay nabubunyag at natutukoy. May ilang taong hanggang salita lang na sila ay nananampalataya sa Diyos ngunit hindi naman sila sumusunod sa tamang daan, at sa halip ay nagmamadali sila tungo sa impiyerno. Ang iba ay nagmamahal sa katotohanan at patuloy na nagsisikap para dito, kaya unti-unti silang nakakapasok sa katotohanang realidad. May ilang palaging gustong mamuhay nang komportable at lalo pa silang nagiging tuso sa paggaman ng kanilang mga tungkulin, at sa huli ay natitiwalag sila. May ilan na kayang tanggapin ang katotohanan, lalong nagiging matapat sa kanilang puso, at nakakaranas ng pagbabago sa kanilang buhay disposisyon, kaya minamahal sila ng Diyos at ng mga tao. May ilan na laging nakatuon sa pangangaral ng mga salita at doktrina, at pagkatapos ng lahat ng kanilang pangangaral, sila ay itinataboy ng Diyos at sa gayon ay nasisira. May mga walang espirituwal na pang-unawa, at habang sila ay mas nakikinig sa mga sermon, lalo silang nalilito, nawawalan ng interes sa katotohanan, at lalong hindi nagiging mapagpasakop, nais nilang kumilos nang walang pakundangan at nang pabago-bago ang isip, palaging hinahangad na matugunan ang sarili nilang mga pagnanais at nag-aasam ng katanyagan, pakinabang, at katayuan—ito ay mapanganib. Sumusunod ang ilang tao sa Diyos sa loob ng ilang taon, at pagkatapos kumain at uminom ng mga salita ng Diyos at maranasan ang maraming bagay, nauunawaan nila ang maraming katotohanan, nagkakaroon ng higit pang pananalig sa Diyos, at nakukuha ang Kanyang pagsang-ayon. Lahat ng taong ito ay nananampalataya sa Diyos, namumuhay ng buhay iglesia, at gumagampan ng kanilang mga tungkulin, kaya bakit, pagkatapos ng walo o sampung taon, ang kanilang mga resulta ay magkakaiba, bawat isa ayon sa kanilang uri? Ano ang ipinapakita nito? Hindi ba’t may mga pagkakaiba-iba sa kalikasang diwa ng mga tao? (Oo.)

Narito ang isa pang usapin na dapat ninyong pakinggan at isaalang-alang sa kung aling kategorya ito nabibilang sa mga pagpapamalas ng mga anticristo na ating natalakay. Sa ilang iglesia, malinaw na may masasamang taong kumikilos nang mapang-api at hindi makatwiran. Hindi sila makagawa ng anumang kongkretong gawain, ngunit palagi nilang gustong humawak ng kapangyarihan. Sa anumang gawain na kanilang ginagawa, lumilikha sila ng mga kaguluhan at pagkawasak at hindi sumusunod sa mga prinsipyo, at sa anumang bagay na kanilang ginagawa, hindi nila kailanman nais na magbayad ng halaga ngunit palagi nilang nais na pakinggan sila ng iba. Sa madaling salita, hangga't nasa iglesia ang gayong tao, maraming tao ang magugulo niya, at ang gawain ng sambahayan ng Diyos at ang kaayusan ng iglesia ay maaapektuhan at masisira. Bagama't ang mga gayong tao ay hindi gumawa ng anumang lantad na malaking kasamaan o hindi nila pininsala ang mga kapatid, kapag tiningnan mo ang kanilang pagkatao, ang kanilang diwa, ang kanilang pananaw sa iba't ibang bagay, pati na rin ang kanilang saloobin sa mga kapatid, sa gawain ng sambahayan ng Diyos, at sa kanilang sariling tungkulin, sila ay lubos na kabilang sa hanay ng masasama. Paano Ko dapat pangasiwaan ang gayong tao kung makahaharap Ko siya bago pa siya mapansin ng mga kapatid? Dapat ba Akong maghintay hanggang sa makagawa siya ng malaking pagkakamali o makapagdulot ng malaking sakuna bago siya paalisin, papalayasin siya kapag “nagdulot na siya ng malaking kaguluhan”? Kailangan bang ganoon? (Hindi.) Kung gayon, ano ang dapat Kong gawin? Sa pinakamababa, dapat Ko siyang tanggalin sa kanyang tungkulin. Kasunod nito, dapat Ko siyang ibukod o paalisin, pinipigilan siyang gawin ang kanyang tungkulin upang maiwasang maapektuhan ang iba. Sa mahalagang gawain ng sambahayan ng Diyos, ang presensiya ng mga gayong masasamang tao ay hindi pinapayagan—tama ba ang prinsipyong ito? Kung hindi pa sila nabubunyag, hayaan na lang na ganoon, ngunit sa sandaling sila ay nabunyag, malinaw na nakita, at nailarawan bilang masasamang tao, tama bang alisin sila? (Oo.) Maaaring sabihin ng ilang tao, “Hindi iyan uubra. Nakilatis mo na sila, ngunit hindi pa sila nakilatis ng iba. Ang pag-aalis sa kanila ay makakaapekto sa iba. Kung aalisin mo sila dahil lamang nakilatis mo na sila, hindi ba't ibig sabihin nito ay ikaw lamang ang nagpapasya? Lyon ba talaga ang pagtulot na ang katotohanan ang maging nasa kapangyarihan? Dapat tayong magtipon at makipagbahaginan sa mga kapatid, himayin ito kasama sila, gumawa ng ideolohikal na gawain sa kanila, mag-ipon ng mga materyal at kunin ang pagsang-ayon ng lahat bago magpatuloy. Kailangan mong sundin ang mga proseso, at kung hindi mo susundin, hindi ba't nilalabag mo ang mga pagsasaayos ng gawain ng iglesia? Hindi ba't magiging mali ito? Ikaw mismo ay dapat munang sumunod sa mga pagsasaayos ng gawain ng iglesia; hindi mo puwedeng isabotahe ang mga ito. Bukod dito, hindi ba't ang lahat ng bagay, anuman ito, ay ginagawa nang may pagsasaalang-alang sa mga kapatid? Kung ganoon, kailangan mong idulot na ganap itong malaman ng lahat ng kapatid at linawin sa kanila ang aspektong ito ng katotohanan. Hindi mo puwedeng hayaan na nalilito sila; kailangan mong bigyan ang lahat ng kapatid ng kakayahang makakilatis.” Kung ang mga prosesong ito ay hindi nasunod at

sinabi Kong paalisin ang isang tao, paano kayo magpapatuloy? Maguguluhan kayo, hindi ba? Na natatagpuan ninyo ang inyong sarili na naiipit ay nagpapatunay na umiiral ang mga gayong pananaw sa inyo. Ang sinasabi Ko ay nangyari na. Sa isang mahalagang lugar ng gawain, may isang diyablo na may masamang pagkatao, na, habang ginagawa ang kanyang tungkulin, ay mapanlinlang na nagtatamad-tamara, sinusubukang makaiwas sa hirap at pagod. Palagi siyang nanggagambala at nanggugulo sa gawain ng iglesia, at nang siya ay pinungusan, naging suwail siya, ganap na tinatanggi ang katotohanan. Palagi niyang nais na humawak ng posisyon at magdesisyon, habang inuutusan din ang iba, at hindi niya kailanman isinaalang-alang ang mga interes ng iglesia o sinunod ang mga prinsipyo, kumikilos lamang siya ayon sa kanyang mga kagustuhan. Sa panahon ng kanyang pamamahala sa gawain, binalewala niya ang ilang bagay na inutos Kong gawin niya, tinrato niya ang Aking mga salita na parang hangin lang sa kanyang mga tainga. Bukod sa hindi paggawa sa kanyang mga gawain, nagdulot pa siya ng mga kaguluhan. Ang iglesia ay isang mahalagang lugar para gawin ng isang tao ang kanyang mga tungkulin—kung inisip niyang pumarito siya hindi para gawin ang kanyang tungkulin kundi para mamuhay nang marangya o magretiro nang maaga, nagkakamali siya. Ang sambahayan ng Diyos ay hindi isang institusyong pangkawanggawa o isang kanlungan. Ang gayong basura ay walang silbi saan man siya pumunta; hindi siya tapat kailanman sa anumang tungkulin niya, palagi siyang pabaya at walang direksiyon. Kaya, sinabi Ko na agad siyang paalisin. Madali bang isagawa ito? (Oo.) Gayumpaman, para sa isang uri ng tao, mahirap ipatupad kahit na ang gayon kasimpleng bagay. Tatlong buwan matapos Kong sabihin ito, saka pa lamang sapilitang pinalayas ang masamang taong ito. Ano ang dahilan nito? Matapos Kong mag-utos na alisin ang taong ito, sinimulan ng lider ng iglesiang iyon na “ipatupad” ang gawain. Paano niya ito ipinatupad? Nagpatawag siya ng pagpupulong para makaboto ang lahat sa magiging desisyon. Matapos ang paulit-ulit na talakayan, sa wakas ay sumang-ayon ang karamihan na paalisin ang taong ito, ngunit may isang bumoto laban dito, kaya’t ipinagpaliban ang usapin. Sinabi ng lider na kailangan nilang kumbinsihin ang taong hindi sumang-ayon, upang makipagtalakayan dito at makuha ang pagsang-ayon nito. Samantala, dalawang beses Kong tinanong kung naalis na ang naturang tao, at sinabi ng lider na hindi pa, na patuloy pa rin silang nagtitipon at nagbubuod ng mga materyal. Sa likod Ko, sinabi rin nila, “Hangga’t may isang taong hindi sumasang-ayon, hindi natin siya maaaring paalisin.” Ang ibig sabihin nila sa pagsasabi nito ay ayaw nilang paalisin ang taong ito, kaya’t nakahanap sila ng ganitong balighong dahilan. Sa realidad, nilalansi nila ang iba; natatakot silang mapasama ang loob ng taong ito at hindi sila naglalakas-loob na paalisin siya. Sa wakas, naglabas ng ultimatum ang ang Itaas: “Ang taong ito ay dapat na alisin. Kung hindi siya aalis, ikaw ang aalis. Isa sa inyo ang kailangang umalis; mamili ka!” Nang marinig niya ito, naisip niya, “Hindi ako maaaring umalis; hindi ko pa nasusulit ang aking posisyon!” Saka lamang niya pinaalis ang diyablong ito. Sabihin ninyo sa Akin, bakit pinoprotektahan ng lider na ito ang diyablo? Hindi ba’t ito ang pamamaraan ng isang anticristo? Ito mismo ang pag-uugali ng isang anticristo.

Ang ilang tao ay palaging ipinapahayag ang kanilang pananalig sa Diyos, ngunit kapag may mga nangyayari sa kanila, hinahanap nila ang opinyon ng bawat kapatid pero hindi kailanman hinahanap ang opinyon ni Cristo. Hindi nila inaalam kung ano ang sinasabi ni Cristo, kung ano ang Kanyang kongklusyon, kung bakit Niya nais gawin ang bagay na ito, o kung paano dapat magpasakop ang mga tao. Hinanap nila ang opinyon ng bawat kapatid at nagawa nilang respetuhin ang lahat ng opinyon at kaisipan ng mga ito, ngunit hindi nila tinatanggap ang kahit isang pangungusap na sinasabi ni Cristo, na nagpapakita ng kawalan ng layunin na magpasakop. Ano ang kalikasan nito? Hindi ba't sila ay mga anticristo? (Oo.) Ano ang nangyayari sa sitwasyong ito? Bakit hindi nila ito ipinatutupad? Bakit napakahirap para sa kanila na ipatupad ito? May dahilan ito. Iniisip nila, "Si cristo ay may katotohanan at diwa ng diyos, ngunit iyon ay pawang opisyal na salita lamang, mga doktrina at islogan lamang. Pagdating sa tunay na mga bagay, hindi mo talaga makikilatis ang sinuman. Ang iyong mga salita ay sinasalita lamang para marinig namin, maiimprenta sa mga aklat, at wala talagang kinalaman sa iyong aktuwal na mga kakayahan. Kaya, kung inilalarawan mo ang isang tao bilang isang masamang tao o anticristo, maaaring hindi ito tumpak. Bakit hindi ko napansin na siya ay masama o isang anticristo? Bakit hindi ko naiintindihan ang bagay na ito?" Hindi ba't ganito sila mag-isip? Naniniwala sila, "Dalawang beses mo pa lang nakakatagpo ang taong ito, nakita mo pa lang siyang magsalita ng ilang salita at gumawa ng isang bagay, at sinasabi mong masama siya. Hindi naman ganoon ang iniisip ng mga kapatid; kaya bakit ganoon ang naiisip mo? Bakit dapat maging sobrang mabigat ng iyong mga salita? Hindi pa ako nakakakita ng anumang masamang gawa mula sa taong ito, ni hindi ko alam kung ano ang masasamang bagay na nagawa niya, kaya hindi ko masasabi ang 'Amen' sa iyong sinasabi. Mayroon akong mga kuru-kuro at pag-aalinlangan sa ginagawa mo. Ngunit, kahit may mga kuru-kuro ako, hindi ko maaaring ipahayag ang mga ito nang tahasan, kaya kailangan kong gumamit ng mga hindi direktang paraan: Hahayaan ko ang mga kapatid na magdesisyon sa bagay na ito sa pamamagitan ng pagboto. Kung hindi sumasang-ayon ang mga kapatid, wala nang magagawa pa—maaari mo ba talagang pungusan silang lahat? Bukod dito, ilang beses mo pa lang nakasalamuha ang taong ito at pagkatapos ay inilarawan mo na siya bilang masama. Bakit hindi mo siya bigyan ng kaunting pagkakataon? Tingnan mo kung gaano kamapagparaya at kamapagmahal ang mga kapatid. Hindi puwedeng ako ang maging masama; kailangan ko ring maging mapagmahal at bigyan ng pagkakataon ang mga tao—hindi tulad mo, na mabilis tumukoy sa mga tao. Ang pag-aalis sa isang tao ay hindi simpleng bagay—paano kung ang tao ay manghina pagkatapos niyon? Kapag nahaharap sa mga isyu, dapat protektahan ni cristo ang mga kapatid. Dapat niyang pagpasensiyahan ang anumang kahangalan, paghihimagsik, o kamangmangan ng mga kapatid at hindi maging mapagdesisyon at walang pagmamahal. Hindi ba't ang diyos ay dapat na labis na mahabagin? Saan na napunta ang habag na iyon? Ang paglarawan sa sinumang hindi mo gusto bilang masama at naising palayasin sila, hindi talaga iyon sumusunod sa mga patakaran!" Ang

mga ito ay mga kuru-kuro, hindi ba? (Oo.) Kapag si Cristo ay gumagawa ng isang bagay o nagpapasya, kung hindi sila sumasang-ayon dito, nagiging mahirap itong ipatupad. Sila ay nagmamabagal, gumagamit ng iba't ibang dahilan at paraan upang sumalungat; sadyang ayaw nilang ipatupad ito o sumunod. Ang kanilang intensyon ay: “Kung hindi ko ito ipapatupad, hindi maisasakatuparan ang iyong gawain!” Sasabihin Ko sa iyo, kung hindi mo ito ipapatupad, hahanap Ako ng ibang taong makakagawa nito bilang lider, at maaari ka nang bumalik sa pinanggalingan mo! Hindi ba’t dapat ganito pangasiwaan ang bagay na ito? (Oo.) Pinalayas Ko siya nang ganoon-ganoon lang, direkta at epektibo—hindi na kailangan pang sumangguni kaninuman.

Ang ilang tao ay hindi kailanman nauunawaan ang katotohanan at palaging may mga pagdududa sa mga salita ng Diyos. Sinasabi nila, “Kapag ang katotohanan ang nasa kapangyarihan, pareho ba ito kapag si cristo ang nasa kapangyarihan? Hindi naman palaging tama ang mga salita ni cristo, dahil siya ay may aspekto ng pagiging tao.” Hindi nila matanggap na si Cristo ang nasa kapangyarihan. Kung ang Espiritu ng Diyos ang nasa kapangyarihan, wala silang magiging mga kuru-kuro. Ano ang problema rito? Ang mga gayong tao ay walang kahit kaunting pagdududa tungkol sa Diyos na nasa langit ngunit palagi silang nagdududa tungkol sa Diyos na nagkatawang-tao. Si Cristo ay nagpahayag ng napakaraming katotohanan, ngunit Siya ay hindi nila kinikilala bilang Diyos na nagkatawang-tao. Kaya magagawa ba nilang kilalanin na si Cristo ang katotohanan, ang daan, at ang buhay? Mahirap masabi iyan. Kahit na sumunod ang mga gayong tao kay Cristo, kaya ba nilang magpatotoo para sa Kanya? Kaayon ba sila ni Cristo? Walang tiyak na sagot sa mga tanong na ito. Hindi rin sigurado kung ang mga gayong tao ay makakasunod hanggang sa dulo ng daan. May ilang tao na lubos na kinikilala sa kanilang puso na sa sambahayan ng Diyos, ang katotohanan ang nasa kapangyarihan. Ngunit paano nila nauunawaan ang katotohanang nasa kapangyarihan? Iniisip nila na anuman ang gawaing ginagawa, basta’t may kinalaman ito sa sambahayan ng Diyos, lahat ay dapat mag-usap at magdesisyon nang magkakasama. Basta’t may napagkasunduan, kahit ano pa ang kalalabasan, ito ay dapat na ipatupad. Iyan, sa kanilang paniniwala, ang ibig sabihin ng nasa kapangyarihan ang katotohanan. Tama ba ang pananaw na ito? Ito ay isang mabigat na maling pagkaunawa; ito ang pinakakakatwa at katawa-tawang pahayag. Saan nagmumula ang katotohanan? Ito ay ipinapahayag ni Cristo. Si Cristo lamang ang katotohanan, samantalang ang tiwaling sangkatauhan ay walang kahit na anong katotohanan, kaya paano makakalikha ng katotohanan ang mga tao sa pamamagitan ng deliberasyon? Kung makakalikha ng katotohanan ang mga tao sa pamamagitan ng deliberasyon, mangangahulugan ito na ang tiwaling sangkatauhan ay nagtataglay ng katotohanan. Hindi ba’t iyon ang pinakakakatwang bagay? Samakatwid, ang katotohanan ang nasa kapangyarihan ay nangangahulugan na si Cristo ang nasa kapangyarihan, ibig sabihin ang mga salita ng Diyos ang nasa kapangyarihan, hindi na ang lahat ay may kapangyarihan o may boses. Ang pagtitipon upang pagbahaginan ang katotohanan at ang mga salita ng Diyos ay tama; ito ang buhay iglesia. Ngunit ano ang

epekto ng pagsasagawa sa ganitong paraan? Ito ay upang hayaan ang lahat na maunawaan ang katotohanan at malaman ang mga salita ng Diyos, upang lahat ay makapagpasakop sa mga salita ng Diyos at gumawa ayon sa mga ito. Ang mga tao ay nagtitipon upang pagbahaginan ang katotohanan dahil mismo hindi nila ito nauunawaan. Kung naunawaan nila ang katotohanan, maaari silang direktang magpasakop kay Cristo at sa mga salita ng Diyos; iyon ang magiging tunay na pagpapasakop. Kung isang araw ay nauunawaan ng lahat ng hinirang na tao ng Diyos ang katotohanan, lahat ay maaaring direktang magpasakop, magdakila, at magpatotoo kay Cristo, ito ay magpapakita na ang hinirang na mga tao ng Diyos ay nagawa nang ganap. Higit pa rito, maipapatotoo nito na ang sambahayan ng Diyos ay pinamumunuan ng katotohanan, ni Cristo. Tanging ang gayong mga katotohanan at patotoo ang magpapatunay na ang Diyos ay naghahari bilang hari sa lupa, at ang kaharian ni Cristo ay nagpakita na. Ngunit paano nauunawaan ng ilang anticristo at huwad na lider ang katotohanan ang nasa kapangyarihan? Sa kanilang pagpapatupad, ang katotohanan ang nasa kapangyarihan ay nangangahulugan na ang mga kapatid ang nasa kapangyarihan. Kahit ano pang gawain ang kanilang ginagawa, kung kaya nilang lubos na maarok ito, ginagawa nila ito ayon sa kanilang sariling kagustuhan; kung hindi nila kaya, nakikipagbahaginan sila kasama ang ilang tao at hinahayaan ang grupo na magdesisyon. Maaari ba nitong patunayan na naisasagawa ang katotohanan? Ang desisyon ba ng grupo ay awtomatikong umaayon sa mga layunin ng Diyos? Maaari bang magdulot ng pagiging nasa kapangyarihan ng katotohanan ang gayong pagsasagawa? Kaya ba nitong patotohanan na si Cristo ang nasa kapangyarihan sa sambahayan ng Diyos? Itinuturing nila ang pagtulot sa mga kapatid na magpahayag ng mga opinyon, magtalakay ng kanilang mga pananaw, at sa huli ay may mapagkasunduan at gumawa ng mga desisyon bilang pagiging nasa kapangyarihan ng katotohanan, ipinapahiwatig na ang mga kapatid ang mga tagapagsalita para sa katotohanan, na sila ay katumbas ng katotohanan mismo. Tama ba ang ganitong pagkaunawa? Malinaw na hindi, ngunit ang ilang anticristo at huwad na mga lider ay talagang kumikilos nang ganito at ipinatutupad ito nang gayon. Iniisip nila na sa paggawa nito, isinasagawa nila ang demokrasya, na gumagawa sila ng demokratikong desisyon at na dapat itong gawin sa ganitong paraan, umaayon man ito sa katotohanan o hindi. Ano ang diwa ng pagkilos nang ganito? Ang mga bagay bang napagdesisyunan na nang demokratiko ay awtomatikong umaayon sa katotohanan? Awtomatiko bang kumakatawan ang mga ito sa Diyos? Kung ang demokrasya ay ang katotohanan, hindi na kailangan pang ipahayag ng Diyos ang katotohanan; hindi ba't sapat nang hayaan na lang ang demokrasya na maghari? Kahit gaano pa isagawa ng tiwaling sangkatauhan ang demokrasya, hindi nito kayang lumikha ng katotohanan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng demokrasya. Ang katotohanan ay nagmumula sa Diyos, mula sa mga pagpapahayag ni Cristo. Kahit gaano pa katugma ang isang pamamaraan ng tao sa mga ideya o panlasa ng tao, hindi ito maaaring kumatawan sa katotohanan. Ito ay isang katunayan. Ang diwa ng mga pamamaraan ng mga huwad na lider at ng mga anticristo, sa likod ng pagkukunwaring ang katotohanan

ang nasa kapangyarihan, ay ang ganap na isantabi si Cristo, palitan si Cristo ng demokrasya, at palitan ang pamumuno ni Cristo ng paraan ng pangkalahatang pagbabahaginan at demokratikong pamamahala. Madali bang makilatis ang kalikasan at mga kahihinatnan nito? Ang mga taong mahusay kumilatis ay dapat na makita ang mga ito. Ang mga huwad na lider at mga anticristo ay hindi iyong mga nagpapasakop kay Cristo kundi iyong mga tumatanggi at sumusuway sa Kanya. Kahit ano pa ang ibahagi ni Cristo sa iglesia, kahit na nakikinig at nakakaunawa sila, tinatrato ito ng mga tao na parang hangin lamang na dumaraan sa kanilang mga tainga at ayaw nila itong ipatupad. Sa halip, binibigyang-pansin nila ang sinasabi ng mga huwad na lider at ng mga anticristo; sa huli, ang mga salita nila ang mahalaga. Kung makapagsasagawa ba ang mga tao ayon sa mga salita ni Cristo ay depende sa mga desisyon ng mga huwad na lider at ng mga anticristo, at karamihan ng mga tao ay sumusunod sa kanila. Ang mga anticristo ay mahigpit na nagbabantay sa gawain ng iglesia, pinahihintulutan lamang ang kanilang mga sarili na gumawa ng mga desisyon at hindi hinahayaan ang Diyos na magkaroon ng boses o kapangyarihan. Iniisip nila, “Narito lang si cristo upang suriin ang gawain. Maaari mong sabihin ang iyong nais at isaayos ang gawain, ngunit kung paano ito ipapatupad ay nasa sa amin na. Huwag kang makialam sa aming gawain.” Hindi ba’t ito ang ginagawa ng mga anticristo? Palaging sinasabi ng mga anticristo, “lahat ng kapatid ay nagbahaginan” o “lahat ng kapatid ay may napagkasunduan na”—ang mga nagsasabi ba ng mga gayong bagay ay tunay na nakakaunawa sa katotohanan? Sino ang mga kapatid? Hindi ba’t sila ay isang grupo lamang ng mga taong lubos na ginawang tiwali ni Satanas? Gaano karaming katotohanan ang kanilang nauunawaan, gaano karaming katotohanang realidad ang kanilang taglay? Maaari ba nilang katawanin si Cristo? Sila ba ang katawang-tao ng katotohanan? Maaari ba silang maging mga tagapagsalita para sa katotohanan? Mayroon ba silang anumang kaugnayan sa katotohanan? (Wala.) Dahil wala naman silang kaugnayan, bakit palaging itinuturing ng mga nagsasabi ng mga gayong bagay na pinakamataas ang mga kapatid? Bakit hindi nila dinadakila at pinapatotohanan ang Diyos? Bakit hindi sila nagsasalita at kumikilos ayon sa katotohanan? Hindi ba’t ang mga nagsasalita sa gayong paraan ay mga balighong tao? Pagkatapos basahin ang mga salita ng Diyos at makinig sa mga sermon sa loob ng maraming taon, hindi nila nauunawaan ang anumang katotohanan at hindi nila makilatis kung ano ang mga tunay na kapatid. Hindi ba’t bulag sila? Ngayon, ang lahat ay ibinukod-bukod na ayon sa kanilang uri; marami nang nagbunyag ng kanilang tunay na karakter, silang lahat ay kauri ni Satanas—sila ay walang iba kundi mga hayop. Hindi ba ninyo ito nakikita nang malinaw? Wala kayong taglay na katotohanan kahit kaunti! Ang ilang tao ay ayaw makinig sa Akin kapag hinihimay Ko ang mga anticristo. Sinasabi nila, “Huwag Mo nang palaging banggitin ang mga gayong munting bagay tulad ng mga anticristo; nakakahiya iyan. Bakit palagi Mong hinihimay ang mga anticristo?” Ayos lang bang hindi sila himayin? Dapat silang himayin sa ganitong paraan upang turuan ang mga tao na kumilatis. Kung hindi, kapag lumitaw ang mga anticristo, maglalabas sila ng maraming maling paniniwala

at maling kaisipan, ililihis nila ang maraming tao, at kokontrolin pa nga nila ang iglesia at magtatatag ng kanilang sariling nagsasariling kaharian. Nakikita ba ninyo nang malinaw kung gaano kalala ang mga kahihinatnan ng bagay na ito? Kanina lang, nagbahaginan tayo tungkol sa kung ano ang ibig sabihin ng ang katotohanan ang nasa kapangyarihan. Sa pamamagitan ng pagbabahaginan, nakita ng mga tao ang mga balighong pamamaraan at ang mga katawa-tawang pananaw ng mga anticristo. Ang mga anticristo ay palaging gustong sila ang nasa kapangyarihan at ayaw nilang si Cristo ang nasa kapangyarihan, kaya pinalitan nila ang pamumuno ng katotohanan ng demokratikong anyo, ipinapalaganap nila na pagiging nasa kapangyarihan ng katotohanan ang pagtatalakayan ng lahat tungkol sa mga usapin. Hindi ba't may panlalansi ni Satanas dito? Ang katotohanan ba ay isang bagay na maaaring matamo ng lahat sa pamamagitan ng deliberasyon? Ang katotohanan ay ipinapahayag ng Diyos at nagmumula sa Diyos. Bakit hindi ninyo direktang maisagawa ang mga salita ng Diyos, bakit hindi kayo direktang magpasakop sa Diyos, at direktang magpasakop sa mga pagsasaayos ng Diyos? Bakit ang mga utos ni Cristo ay kailangang pagdesisyunan sa pamamagitan ng deliberasyon ng lahat? Hindi ba't ito ay pagpapakana ni Satanas? Ang mga anticristo ay madalas magpakawala ng mga teorya upang ilihis ang mga tao, at kahit ano pang gampanin sa gawain ang kanilang ipatupad, sila ang may huling salita, ganap na lumalabag sa mga katotohanang prinsipyo. Kung titingnan ito mula sa mga pagpapamalas ng mga anticristo, ano ba mismo ang kanilang disposisyon? Sila ba ay mga taong nagmamahal sa mga positibong bagay at nagmamahal sa katotohanan? Mayroon ba silang tunay na pagpapasakop sa Diyos? (Wala.) Ang kanilang diwa ay ang pagiging tutol at pagkamuhi sa katotohanan. Bukod pa rito, sila ay napakayabang na wala na silang anumang pagkamakatwiran, wala sa kanila kahit ang pangunahing konsensiya at katwiran na dapat taglayin ng mga tao. Ang mga gayong tao ay hindi karapat-dapat tawaging tao. Sila ay matatawag lamang na kauri ni Satanas; sila ay mga diyablo. Ang sinumang hindi tumatanggap sa katotohanan kahit kaunti ay isang diyablo—walang kaduda-duda rito.

Mayroon ding ilang tao na mayroong hindi mapagpakumbaba pero hindi rin naman mayabang na saloobin sa mga salita ni Cristo. Hindi sila nagpapahayag ng ganap na pagtanggap at hindi rin naman sila sumasalungat. Kapag si Cristo ay nagsasalita, nagbabahagi ng katotohanan, nangingilatis ng isang indibidwal, o nag-aatas ng isang gawain, mukhang nakikinig sila at nagsusulat, nagpapakita ng pagiging seryoso at ng pakikipagtulungan. Maingat silang nagtatala tungkol sa lahat ng bagay, nagsusulat ng iba't ibang marka, na para bang napakainteresado nila sa katotohanan at lubos na pinahalagahan ang mga sinasabi ni Cristo, na para bang talagang minamahal nila ang katotohanan at hindi natitinag ang pananalig nila kay Cristo. Ngunit makikita ba mula sa gayong mabababaw na mga penomenon ang saloobin ng mga taong ito sa katotohanan, ang kanilang disposisyon, at ang kanilang diwa? Hindi. Ang mga gayong tao ay mukhang nagsusulat ng mga tala at nakikinig, ngunit sa puso nila ay ano ba talaga ang iniisip nila? Kapag tinitingnan nila ang kanilang mga tala, iniisip nila, "Ano ba ang

lahat ng ito? Wala man lang ni isang kapaki-pakinabang na linya, walang tila mataas o naaayon sa katotohanan, ni wala ring tila lohikal para sa akin. Mas mabuti pang punitin ko na lang ito!” Hindi ba’t isa itong uri ng saloobin? Nakakita na Ako ng maraming tao na tumatango at nagpapakita ng iba’t ibang ekspresyon sa mukha habang nakikinig sa mga sermon, at nagsusulat din ng mga tala, ngunit pagkatapos, hindi talaga nila ito sineseryoso. Hindi nila natatandaan kung ano ang dapat nilang ipatupad, ni isinasapuso o isinasagawa ito. Tungkol naman sa pagsasagawa sa dapat nilang isagawa, mas malamang na hindi iyon mangyayari. Ang kanilang dapat ipatupad ay may kinalaman sa gawain ng sambahayan ng Diyos at sa kanilang tungkulin, at ang dapat nilang pasukin ay may kaugnayan sa kanilang personal na pagpasok. Hindi nila ipinatutupad ang dapat nilang ipatupad, at lalo nang hindi nila sineseryoso ang kanilang personal na pagpasok. Sinasabi nila, “Sinasabi na ang bawat pangungusap na binibigkas at ipinapahayag ni Cristo ay ang katotohanan, ang dapat pasukin ng mga tao, na ito ay pawang ang katotohanan, ang daan, at ang buhay—ngunit wala akong makitang anumang katotohanan o daan sa aking isinusulat sa bawat pagkakataon, at hindi ko rin nararamdaman na ito ay buhay. Kaya paano matutupad ang pahayag na si Cristo ay may diwa ng diyos? Paano ito maisasakatuparan? Paano ito tutugma sa nakikita ko? Hindi ito madaling maitutugma.” Sinasabi ng ilang tao, “Kung ganito ang kanilang saloobin pagkatapos makinig, bakit pa sila nagsusulat ng mga tala? Mukha naman silang may maayos, seryoso, at responsableng saloobin; ano ang nangyayari?” Isa lang ang dahilan. Kung ang taong hindi nagmamahal sa katotohanan at labis na tutol dito ay nagagawang magmukhang lubos na masigasig at tutok kapag nagsasalita si Cristo, ang tanging intensyon nito ay walang iba kundi ang iraos lang ang mga bagay-bagay, hindi ang tunay na pagtanggap. Sa tuwing sila ay nagbabasa ng mga salita ng Diyos o nakikipag-ugnayan kay Cristo at nakikipag-usap sa Kanya, ang nakikita nila ay hindi ang diumano’y pagiging mataas, di-maarok, o kamangha-mangha ng Diyos, kundi ang Kanyang pagiging praktikal, normal, at hindi mahalaga. Samakatwid, mula sa kanilang sariling pananaw at posisyon, imposibleng maiugnay nila ang mga salita ng karaniwang taong ito sa katotohanan, daan, o buhay. Paano man nila tingnan ang taong ito, tao lamang ang kanilang nakikita; hindi nila Siya kayang ituring na Diyos o Cristo. Kaya, imposibleng ituring nila ang mga napakakaraniwang salitang ito bilang ang katotohanan na dapat sundin, isagawa, at gamitin bilang gabay sa pamumuhay, isang mithiin para sa pag-iral, at iba pa—nababagabag sila rito. Sinasabi nila, “Bakit hindi ko makita ang anumang katotohanan sa mga karaniwang salitang ito? Paano ninyo ito nakikita? Hindi ba’t mga karaniwang salita lamang ang mga ito? Ang mga ito ay wika ng tao, teksto ng tao, gramatika ng tao, gumagamit pa nga ng ilang parirala at bokabularyo ng tao, at hinihimay ang ilang kasabihan at aspekto ng kultura ng tao. Paanong tinataglay ng mga salitang ito ang katotohanan? Bakit hindi ko ito makita? Dahil sinasabi ninyong lahat na ito ang katotohanan, susunod na lang ako sa agos at gagayahin ko kayong lahat; magsusulat ako ng mga tala dahil iyon ang ginagawa ng lahat, bagama’t itinuturing ninyo siya bilang ang katotohanan, hinding-hindi ko siya

itinuturing na ganoon. Ang 'katotohanan' ay isang napakabanal na salita, dapat ito ay isang napakataas na bagay! Pagdating sa katotohanan, ito ay may kinalaman sa diyos, at kapag may kinalaman ito sa diyos, hindi ito maaaring maging masyadong ordinaryo, masyadong hindi mahalaga, masyadong karaniwan. Kaya, paano man ako magsiyasat at magsuri, hindi ako makakita ng anumang tanda ng pagiging diyos sa kanya. Kung walang tanda ng pagiging diyos sa kanya, paano niya tayo maililigtas? Imposible iyon. Kung ang kanyang mga salita ay hindi makakapagligtas sa atin o makakapagbigay ng pakinabang sa atin, bakit natin siya susundan? Bakit natin ipatutupad ang kanyang mga salita? Bakit tayo mamumuhay ayon sa kanyang mga salita?" Ngayon, ipinakita na nila ang kanilang tunay na kulay bilang mga anticristo, hindi ba? Mula simula hanggang katapusan, mapagsiyasat ang kanilang saloobin sa laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos. Walang pagtanggap o pagpapasakop sa paraan ng kanilang pagtrato sa mga salita ng Diyos, at lalo namang hindi nila isinasagawa o dinaranas ang mga ito. Sa halip, tinatrato nila ang mga salita ng Diyos nang may saloobin ng paglaban, pagsalungat, at pagtanggig. Atubili silang nagsusulat ng ilang tala kapag nakikipag-usap si Cristo sa mga tao, ngunit sa kaibuturan nila, hindi nila tinatanggap ni katiting nito. Pagkatapos makisalamuha kay Cristo, sinasabi ng ilang tao, "Talagang masaya ang pakikipag-usap at pakikipagbahaginan sa Diyos nang harapan." Sinasabi ng anticristo, "Susubukan ko rin. Makikipag-usap ako nang harapan kay Cristo at titingnan ko kung ano talaga ang mga ekspresyon ng mukha, mga kilos, at pagsasalita ni Cristo kapag nakikipag-usap siya sa mga tao. Titingnan ko kung ano ang maaaring matamo o matuklasan ng isang tao mula rito, kung kapaki-pakinabang ba para sa mga tao na maglatag sila ng pundasyon at pagtibayin ang kanilang pananampalataya sa kanya bilang ang tunay na diyos." Kung may gayon silang saloobin kay Cristo at sa Kanyang mga salita, maaari ba silang magkaroon ng anumang tunay na pagsasagawa o pagsasakatuparan? Hindi. Sila ay walang iba kundi mga manonood lamang na dumating upang panoorin ang nakasasabik na pangyayari, hindi talaga sila narito upang hanapin ang katotohanan. Sa tingin ninyo, ang saloobin ba ng mga taong ito sa pagtrato kay Cristo at pakikipag-usap sa Kanya ay medyo katulad ng sa isang grupo ng mga babaeng magkakapitbahay na nagdadaldalan sa balkonahe, kung saan ang pakikipag-usap sa isa't isa ay hindi nangangailangan ng pagiging taimtim, at ang lahat ay basta na lamang sinasabi ang gusto nila? Ganito rin ang pagtrato ng mga taong ito kay Cristo: "Ipinapahayag mo ang iyong mga pananaw, panghahawakan ko naman ang akin. Tanggapin na lang natin na magkaiba ang pananaw natin; alam mong hindi mo ako makukumbinsi, at tiyak na hindi ko tatanggapin ang sinasabi mo." Hindi ba't ganoong uri ng saloobin ito? Ano ang saloobing ito? (Mapanghamak at walang pagpipitagan.) Kakaiba ang mga taong ito. Dahil hindi mo naman kinikilala si Cristo bilang ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos, bakit ka nananampalataya at sumusunod sa Kanya? Kung hindi ka nananampalataya, bakit hindi ka na lang umalis at tapusin na ito? Sino ba ang pumipilit sa iyo na manampalataya? Walang pumipilit sa iyo na manampalataya sa Diyos; sarili mong desisyon iyon.

Kapag nakikinig ang ilang tao sa Aking pagbabahagi tungkol sa isang usapin, mabilis silang nakakabuo ng iba't ibang opinyon: “Ganoon ang tingin mo rito, ngunit ganito ang tingin ko rito. May mga ideya ka sa bawat usapin, at mayroon din ako; ang bawat isa ay may kanya-kanyang ideya.” Anong klaseng nilalang ang magsasabi nito? Kapag nagtutustos ng katotohanan ang Diyos sa mga tao, isang klase ba ito ng argumento? Ang mga salita ba ng Diyos ay isang teoryang pang-akademiko? (Hindi.) Kung gayon, ano ang mga ito? (Ang mga ito ay ang katotohanan.) Maging mas partikular pa kayo. (Ang mga ito ay ang mga prinsipyo at direksiyon para sa pag-asal ng tao, ang mga pangangailangan para sa buhay ng mga tao.) Bakit natin sinasabing ang Diyos ay nagtutustos ng katotohanan sa mga tao? Nasabi na ba kailanman na Siya ay nagtutustos ng kaalaman? (Hindi.) Bakit natin sinasabing ang mga salita ng Diyos ay para kainin at inumin ng mga tao? Ang mga salita ng Diyos ay tulad ng pagkain ng mga tao; kayang tustusan ng mga ito ang iyong katawan at hayaan kang mabuhay, at higit pa rito, tinutulutan ka ng mga ito na mamuhay nang maayos, tinutulutan kang mamuhay nang may wangis ng isang tao. Ang mga ito ay buhay para sa isang tao! Ang mga salita ng Diyos ay hindi isang uri ng kaalaman, argumento, o kasabihan. Ang kaalaman, mga argumento, at tradisyonal na kultura ng tao ay maaari lamang gawing tiwali ang mga tao. Kayang mabuhay ng mga tao mayroon man o wala ng mga ito, ngunit kung nais ng isang tao na mabuhay at maging isang nilikhang nakakatugon sa sukatan at pasok sa pamantayan, hindi niya ito magagawa nang wala ang katotohanan. Kaya, ano ba talaga ang katotohanan? (Ito ang pamantayan para sa pag-asal, pagkilos, at pagsamba ng tao sa Diyos.) Tama, mas partikular iyan. Ganito ba ang tingin dito ng mga anticristo? Hindi nila tinatanggap ang katunayang ito. Tinutulutan, nilalabanan, at kinokondena nila ang katunayang ito, kaya hindi nila makakamit ang katotohanan. Sa kanilang mga kaisipan at pananaw, iniisip nila, “Isa kang ordinaryong tao lamang. Nagsasabi ka ng isang bagay at ang ibang tao ay nagsasagawa ayon sa iyong mga salita, kaya bakit hindi ako maaaring magsabi ng isang tamang bagay at ipagawa rin ito sa mga tao? Bakit palaging tama ang sinasabi mo at ang sinasabi ko ay palaging mali? Bakit itinuturing na katotohanan ang iyong mga salita samantalang ang sa akin ay itinuturing na kaalaman at mga doktrina?” Hindi ito batay sa anumang bagay—ito ay isang katunayan, at iyon ay tinutukoy sa diwa. Si Cristo ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos, at ang Kanyang diwa ay ang Diyos. Walang sinuman ang makapagkakaila nito; kahit pa tumanggi ang mga anticristong kilalanin o tanggapin ito, hindi nila ito maikakaila. Kapag ang tao ay tumalikod kay Cristo at tumanggi sa Kanya, iyon ang sandali ng pagkalipol ng tao. Kung wala si Cristo at ang Kanyang mga salita, walang sinumang maliligtas. Hindi ba’t isa itong katunayan? (Oo.) Anong uri ng pagpapatibay ang maibibigay sa mga tao ng mga salita at teoryang iyon ng mga anticristo? Kung hindi tatanggapin ng mga tao ang mga iyon, magdurusa ba sila ng anumang kawalan? Hindi, walang magiging kawalan. Ang mga salita ng mga anticristo ay walang positibong impluwensiya kaninuman, bagkus ay marami ang negatibong epekto ng mga ito. Kung hindi nagsalita si Cristo ng kahit isang pangungusap

at pumarito lamang Siya upang mamuhay nang normal sa loob ng ilang taon bago umalis, ano ang makakamit ng sangkatauhan? Bukod sa pagpapasan sa krus, ano pa ang makakamit ng sangkatauhan? Mamumuhay pa rin sila sa kasalanan, nagtatapat at nagsisisi, hindi makaalpas sa kasalanan, lalong napapariwara, at sa huli, kapag natapos na ang gawain ng Diyos, lahat sila ay lilipulin. Iyan ang mangyayari sa sangkatauhan. Ngunit dumating si Cristo, ipinahayag ang lahat ng salitang nais sabihin ng Diyos sa tao, itinustos ang lahat ng katotohanang kailangan ng tao, at ibinunyag sa tao ang mga tinataglay ng Diyos at ang Kanyang pagiging Diyos. Hindi ba't nagdulot ito ng isang punto ng pagbabago para sa tao? Sa madaling salita, hindi ba't lumikha ang mga salita ni Cristo ng isang punto ng pagbabago para sa tao? (Oo.) Ano ang puntong ito ng pagbabago? Sa pangunahin, ito ay ang paglipat mula sa pagharap ng mga tao sa pagkondena at pagkawasak patungo sa pagkakaroon ng oportunidad at pag-asa na maligtas. Hindi ba't iyon ay isang punto ng pagbabago? Dumating na ang pag-asa ng mga tao; nakikita nila ang buwang-liwayway at may pag-asa silang maligtas at mabuhay. Kapag nilipol at pinarusahan ng Diyos ang sangkatauhan, makakaiwas sila sa pagkalipol at kaparusahan. Kaya, para sa gayong sangkatauhan na kayang mabuhay, si Cristo ba at ang mga salita Niya ay isang mabuti o masamang bagay? (Isang mabuting bagay.) Ang mga ito ay mabuting bagay. Ang labis na pagkamapanlaban at pagkamuhi ng mga anticristo sa gayong Cristo, sa gayong ordinaryong tao, ay tinutukoy ng kanilang diwa.

May isa pang pagpapamalas ng mga anticristo sa kanilang pagtrato sa Diyos na nagkatawang-tao: Sinasabi nila, "Sa sandaling makita ko si cristo na isang ordinaryong tao, nagkaroon ako ng mga kuru-kuro sa aking isipan. Ang Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao ay isang pagpapahayag ng diyos; ito ang katotohanan, at inaamin ko ito. Mayroon akong kopya ng Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao, at sapat na iyon. Hindi ko na kailangang makipag-ugnayan kay cristo. Kung may mga kuru-kuro, pagkanegatibo, o kahinaan ako, kaya kong lutasin ang mga ito sa pamamagitan lamang ng pagbabasa ng salita ng diyos. Madaling magkaroon ng mga kuru-kuro kung nakikipag-ugnayan ako sa diyos na nagkatawang-tao, at ipapakita nito na masyado akong malalim na ginawang tiwali. Kung sakaling ako ay kokondenahin ng diyos, wala na akong pag-asang maligtas. Kaya, mas mabuti na mag-isa ko na lang basahin ang salita ng diyos. Ang diyos sa langit ang siyang makakapagligtas sa mga tao." Ang mga kasalukuyang salita at pagbabahagi ng Diyos, lalo na ang mga salitang iyon na naglalandad sa disposisyon at diwa ng mga anticristo, ang pinakanagpapakirot sa puso ng mga anticristo at ang pinakamasakit para sa kanila. Ito ang mga salitang pinakaayaw basahin ng mga anticristo. Kaya, sa puso ng mga anticristo ay ninanais nilang umalis na agad ang Diyos sa lupa, upang sila ay makapaghari gamit ang kanilang sariling kapangyarihan sa lupa. Naniniwala sila na ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos, ang ordinaryong taong ito, ay hindi nila kailangan. Lagi nilang iniisip, "Bago makinig sa mga sermon ni cristo, pakiramdam ko ay nauunawaan ko ang lahat, at ayos ako sa lahat ng aspekto, ngunit pagkatapos makinig sa mga sermon ni cristo, iba na. Ngayon,

pakiramdam ko ay wala akong anumang bagay, pakiramdam ko ay napakawalang-halaga ko at kaawa-awa ako.” Kaya, tinutukoy nila na ang mga salita ni Cristo ay hindi naglalantad sa kanila kundi sa iba, at iniisip nila na hindi na kailangan pang makinig sa mga sermon ni Cristo, na ang pagbabasa sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao ay sapat na. Sa puso ng mga anticristo, ang pangunahing intensyon nila ay ang itatwa ang katunayan ng pagkakatawang-tao ng Diyos, ang itatwa ang katunayan na ipinapahayag ni Cristo ang katotohanan, iniisip nila na sa ganitong paraan ay may pag-asa silang maligtas sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya sa Diyos, at maaari silang maghari bilang mga hari sa iglesia, kaya natutugunan ang kanilang unang intensyon sa pananampalataya sa Diyos. Ang mga anticristo ay may likas na paglaban sa Diyos; sila ay di-kaayon ng nagkatawang-taong Diyos, tulad ng apoy sa tubig, walang hanggan ang kanilang hindi pagkakasundo. Iniisip nila na bawat araw na naririto si Cristo ay isang araw na mahirap para sa kanila na mamukod-tangi, at sila ay nasa panganib na makondena, matiwalag, mawasak, at maparusahan. Hangga’t hindi nagsasalita at hindi gumagawa si Cristo, at hangga’t ang hinirang na mga tao ng Diyos ay hindi tumitingala kay Cristo, kung gayon ang pagkakataon ng mga anticristo ay nasa kanila. May pagkakataon silang ipakita ang kanilang mga abilidad. Sa isang kumpas ng kamay, maraming tao ang lilipat sa kanilang panig, at ang mga anticristo ay makapaghahari. Ang kalikasang diwa ng mga anticristo ay ang pagiging tutol sa katotohanan at may pagkamuhi kay Cristo. Nakikipagkompetensiya sila kay Cristo kung sino ang mas may talento o sino ang mas magaling; nakikipagkompetensiya sila kay Cristo kung kaninong mga salita ang may higit na kapangyarihan at kaninong mga abilidad ang mas mahusay. Habang ginagawa nila ang parehong bagay na tulad ng kay Cristo, nais nilang ipakita sa iba na bagaman sila at Siya ay parehong tao, ang mga abilidad at talino ni Cristo ay hindi higit sa isang ordinaryong tao. Ang mga anticristo ay nakikipagkompetensiya kay Cristo sa lahat ng paraan, nakikipagpaligsahan kung sino ang mas magaling, at sinusubukang itanggi mula sa lahat ng anggulo ang katunayan na si Cristo ay Diyos, na Siya ang pagsasakatawan ng Espiritu ng Diyos, at na Siya ang pagsasakatawan ng katotohanan. Nag-iisip din sila ng iba’t ibang paraan at hakbang sa bawat aspekto upang pigilan si Cristo na magkaroon ng kapangyarihan sa hinirang na mga tao ng Diyos, upang pigilan ang mga salita ni Cristo na maipakalat o maipatupad sa hinirang na mga tao ng Diyos, at pigilan pa nga ang mga bagay na ginagawa ni Cristo at ang Kanyang mga hinihingi, at mga inaasahan sa mga tao na maisakatuparan sa hinirang na mga tao ng Diyos. Para bang kapag naririto si Cristo, sila ay binabalewala, at sila ay kinokondena at tinatanggi ng iglesia—isang grupo ng mga taong nilalagay sa madilim na sulok. Makikita natin sa iba’t ibang pagpapamalas ng mga anticristo na ayon sa diwa at disposisyon, sila ay palaging salungat kay Cristo—hindi sila maaaring kapwa umiral! Ang mga anticristo ay kaaway na ng Diyos mula nang sila ay ipinanganak; sila ay partikular na narito upang labanan si Cristo, at nais nilang talunin at pabagsakin si Cristo. Nais nila na ang lahat ng gawain ni Cristo ay maging walang kabuluhan at walang

saysay, upang sa huli, si Cristo ay hindi magkakamit ng maraming tao, at upang kahit saan man Siya gumawa, wala Siyang makukuhang resulta. Sa gayon lamang magiging masaya ang mga anticristo. Kung si Cristo ay nagpapahayag ng mga katotohanan, at ang mga tao ay nauuhaw para sa mga ito, hinahanap ang mga ito, malugod na tinatanggap ang mga ito, handang gugulin ang kanilang sarili para kay Cristo, talikdan ang lahat at ipakalat ang ebanghelyo ni Cristo, ang mga anticristo ay nasisiraan ng loob at nararamdaman nilang wala nang pag-asa para sa hinaharap, na hindi sila kailanman magkakaroon ng pagkakataon na sumikat, para bang sila ay itinaon sa impiyerno. Kung titingnan ang mga pagpapamalas na ito ng mga anticristo, ang diwa ba nilang ito na labanan ang Diyos at tratuhin Siya nang may pagkamapanlaban ay itinuro sa kanila ng iba? Hinding-hindi; sila ay ipinanganak nang may ganito. Kaya, ang mga anticristo ay isang uri ng tao, na mula nang ipinanganak, ay ang reengkarnasyon ng diyablo, ang diyablo na dumating sa lupa. Hindi nila kailanman matatanggap ang katotohanan, at hindi nila kailanman matatanggap si Cristo, dadakilain si Cristo, o hindi sila kailanman magpapatotoo kay Cristo. Bagaman sa panlabas, hindi mo sila makikita na hayagang hinahatulan o kinokondena si Cristo, at bagaman masunurin silang gumugugol ng kaunting pagsisikap at nagbabayad ng halaga, sa sandaling magkaroon sila ng pagkakataon, kapag tamang oras na, ang hindi pagkakasundo ng mga anticristo sa Diyos ay ipapakita ng sarili nito. Ang katunayan na lumalaban ang mga anticristo sa Diyos at nagtatatag ng isang nagsasariling kaharian ay maisasapubliko. Ang lahat ng bagay na ito ay nangyari na dati sa mga lugar kung saan may mga anticristo, at lalong dumalas ang mga ganitong kaganapan sa mga taon na ito kung kailan ang Diyos ay gumagawa ng Kanyang gawain ng paghatol sa mga huling araw; maraming tao ang nakaranas at nakasaksi sa mga ito.

Hunyo 27, 2020

Ikalawang Ekskursus

Kung Paano Sumunod Sina Noe at Abraham sa mga Salita ng Diyos at Nagpasakop sa Kanya (Unang Bahagi)

I. Binuo ni Noe ang Arka

Ngayon ay magsisimula Ako sa pagsasalaysay sa inyo ng ilang kuwento. Makinig, at tingnan kung anong paksa ang babanggitin Ko, at tingnan kung mayroon ba itong anumang koneksiyon sa mga temang tinalakay natin dati. Hindi malalim ang mga kuwentong ito, dapat siguro ay maunawaan ninyo ang lahat ng ito. Naikuwento na natin ang mga ito dati, mga lumang kuwento na ang mga ito. Una sa lahat ay ang kuwento ni Noe. Noong panahon ni Noe, sukduhan ang katiwalian ng sangkatauhan: Sumamba ang mga tao sa mga idolo, lumaban sa Diyos, at gumawa ng lahat ng uri ng kasamaan. Nakita ng mga mata ng Diyos ang paggawa nila ng masama, nakarating sa pandinig ng Diyos ang mga salitang kanilang sinambit, at nagpasya ang Diyos na pupuksain Niya ang lahing ito ng tao sa isang baha, na wawasakin Niya ang mundong ito. Kaya lilipulin ba ang lahat ng tao, wala ni isang matitira? Hindi. Pinalad ang isang tao, nakatagpo siya ng pabor sa mga mata ng Diyos, at hindi siya ang magiging puntirya ng pagwawasak ng Diyos: Ang taong ito ay si Noe. Si Noe ang matitira matapos wasakin ng Diyos ang mundo sa pamamagitan ng baha. Matapos magpasya na wawakasan Niya ang kapanahunang ito at lilipulin ang liping ito ng tao, may ginawa ang Diyos. Ano iyon? Isang araw, nanawagan ang Diyos kay Noe mula sa langit. Sinabi Niya, “Noe, nakarating sa Aking pandinig ang kasamaan ng liping ito ng tao, at nagpasya Akong wasakin ang mundong ito sa pamamagitan ng baha. Gagawa ka ng isang arka mula sa kahoy na gofer. Ibibigay Ko sa iyo ang sukat ng arka, at kailangan mong tipunin ang bawat uri ng nabubuhay na nilalang para ilagay sa loob ng arka. Kapag natapos na ang arka at natipon na sa loob ang magkapires na lalaki at babae ng bawat nabubuhay na nilikha ng Diyos, darating ang araw ng Diyos. Sa panahong iyon, bibigyan kita ng isang hudyat.” Matapos sambitin ang mga salitang ito, umalis na ang Diyos. At matapos marinig ang mga salita ng Diyos, sinimulang isagawa ni Noe ang bawat isang gawaing sinabi ng Diyos, nang walang kinaliligtaan. Ano ang kanyang ginawa? Naghanap siya ng kahoy na gofer na binanggit ng Diyos, at ng iba’t ibang materyales na kailangan sa pagbuo ng arka. Naghanda rin siya para sa pagtitipon at pagtutustos ng bawat uri ng nabubuhay na nilalang. Nakaukit sa kanyang puso ang dalawang mabibigat na gawaing ito. Mula nang ipagkatiwala ng Diyos ang pagbuo ng arka kay Noe, kailanman ay hindi inisip ni Noe sa kanyang sarili, “Kailan wawasakin ng Diyos ang mundo? Kailan Niya ibibigay sa akin ang hudyat na gagawin Niya iyon?” Sa halip na pagnilayan ang mga bagay na iyon, isinapuso ni Noe ang bawat bagay na sinabi sa kanya ng Diyos, at pagkatapos ay isinagawa niya ang bawat isa. Matapos tanggapin ang ipinagkatiwala sa kanya ng Diyos, nagsimula na si

Noe na isagawa at ipatupad ang pagbuo ng arka na sinabi ng Diyos bilang ang pinakamahalagang bagay sa kanyang buhay, nang walang kahit katiting na tanda ng pagpapabaya. Nagdaan ang mga araw, lumipas ang mga taon, araw-araw, taun-taon. Hindi pinangasiwaan ng Diyos si Noe, hindi siya pinagmadali, ngunit sa buong panahong ito, nagtiyaga si Noe sa mahalagang gawaing ipinagkatiwala sa kanya ng Diyos. Bawat salita at pariralang binigkas ng Diyos ay nakakintal sa puso ni Noe na parang mga salitang nakaukit sa tapyas na bato. Hindi alintana ang mga pagbabago sa mundo sa labas, ang pangungutya ng mga tao sa paligid niya, ang kaakibat na hirap, o ang mga paghihirap na dinanas niya, nagtiyaga siya sa lahat ng ito, sa ipinagkatiwala sa kanya ng Diyos, nang hindi kailanman pinanghihinaan ng loob o nag-iisip na sumuko. Ang mga salita ng Diyos ay nakakintal sa puso ni Noe, at naging pang-araw-araw niyang realidad ang mga ito. Inihanda ni Noe ang bawat isa sa mga materyales na kailangan sa pagbubuo ng arka, at ang anyo at mga detalye para sa arka na iniutos ng Diyos ay unti-unting nagkahugis sa bawat maingat na pukpok ng martilyo at pait ni Noe. Sa lahat ng hangin at pag-ulan, at paano man siya kinutya o siniraan ng mga tao, nagpatuloy ang buhay ni Noe sa ganitong paraan, taun-taon. Lihim na minasdan ng Diyos ang bawat kilos ni Noe, nang hindi kailanman bumibigkas ng isa pang salita sa kanya, at naantig ang puso ng Diyos kay Noe. Gayunman, hindi ito nalaman ni nadama ni Noe; mula simula hanggang wakas, binuo lamang niya ang arka, at tinipon ang bawat uri ng nabubuhay na nilalang, nang hindi natitinag ang katapatan sa mga salita ng Diyos. Sa puso ni Noe, ang mga salita ng Diyos ang mga pinakamataas na tagubilin na dapat niyang sundin at isagawa, at ang mga ito ang layon at direksiyon na hinangad niya sa buong buhay niya. Kaya, anuman ang sinabi sa kanya ng Diyos, anuman ang ipinagawa sa kanya ng Diyos, ang iniutos sa kanyang gawin, ganap na tinanggap ito ni Noe, at isinapuso niya ito; itinuring niya ito bilang ang pinakamahalagang bagay sa kanyang buhay, at pinangasiwaan ito nang naaayon. Hindi lamang niya ito hindi kinalimutan, hindi lamang niya ito isinapuso, kundi isinakatuparan niya ito sa kanyang pang-araw-araw na buhay, tinatanggap at isinasakatuparan ang atas ng Diyos gamit ang kanyang buhay. At sa ganitong paraan, sa paisa-isang tabla, nabuo ang arka. Bawat galaw ni Noe, bawat araw niya, ay inilaan sa mga salita at utos ng Diyos. Maaaring hindi mukhang nagsagawa si Noe ng isang kagila-gilalas, napakadakilang gawain, ngunit sa mga mata ng Diyos, ang bawat kilos ni Noe, maging ang lahat ng bagay na sinubukan niyang makamit sa bawat hakbang niya, bawat kayod na isinagawa ng kanyang kamay—lahat ng iyon ay mahalaga, at nararapat tandaan, at nararapat tularan ng sangkatauhang ito. Sumunod si Noe sa ipinagkatiwala sa kanya ng Diyos. Hindi siya natinag sa kanyang paniniwala na ang bawat salitang binigkas ng Diyos ay totoo; wala siyang pagdududa rito. At bilang resulta, natapos ang arka, at ang bawat uri ng nabubuhay na nilalang ay nabuhay roon. Bago winasak ng Diyos ang mundo, binigyan Niya ng isang hudyat si Noe, na nagsabi kay Noe na nalalapit na ang baha, at na dapat siyang sumakay kaagad sa arka. Ginawa ni Noe ang mismong sinabi ng Diyos. Pagkasakay ni Noe sa arka, nang

bumuhos ang malakas na ulan mula sa kalangitan, nakita ni Noe na nagkatotoo na ang mga salita ng Diyos, na natupad na ang Kanyang mga salita: sumapit na ang poot ng Diyos sa mundo, at hindi mababago ng sinuman ang lahat ng ito.

Ilang taon ang binilang bago natapos ni Noe ang arka? (120 taon.) Ano ang kinakatawan ng 120 taon para sa mga tao sa kasalukuyan? Mas mahaba iyon kaysa sa haba ng buhay ng isang normal na tao. Mas mahaba pa marahil kaysa sa haba ng buhay ng dalawang tao. Subalit sa 120 taon na ito, ginawa ni Noe ang isang bagay, at ginawa niya ang bagay ring iyon araw-araw. Sa panahong iyon na wala pang mga industriya, sa kapanahunang iyon bago nagkaroon ng pagpaparating ng impormasyon, sa kapanahunang iyon kung saan lahat ay umasa sa dalawang kamay at pisikal na pagtatrabaho ng mga tao, ginawa ni Noe ang iisang bagay araw-araw. Sa loob ng 120 taon, hindi siya sumuko o tumigil. Isang daan at dalawampung taon: paano ito mabubuo sa ating isipan? May iba pa kaya sa sangkatauhan na mananatiling tapat sa paggawa ng isang bagay sa loob ng 120 taon? (Wala.) Hindi nakakagulat na walang sinumang maaaring manatiling tapat sa paggawa ng isang bagay sa loob ng 120 taon. Subalit may isang taong nagtiyaga, sa loob ng 120 taon, nang walang pagbabago, sa ipinagkatiwala sa kanya ng Diyos, nang hindi kailanman nagrereklamo o sumusuko, hindi nagpaapekto sa anumang nangyayari sa labas, at sa huli ay natapos ito ayon mismo sa sinabi ng Diyos. Anong uri ng bagay ito? Sa lipi ng tao, ito ay bihira, hindi karaniwan—katangitangi pa nga. Sa mahabang kasaysayan ng tao, sa lahat ng sumunod sa Diyos sa sangkatauhan, lubos itong walang katulad. Pagdating sa lawak at hrap ng kinailangang pag-iinhinyero, antas ng kinailangang lakas ng katawan at puwersa, at tagal ng paggawa nito, hindi ito madaling gawin, kaya nga, nang gawin ni Noe ang bagay na ito, naging natatangi ito sa sangkatauhan, at isa siyang uliran at huwaran sa lahat ng sumusunod sa Diyos. Ilang mensahe lang ang narinig ni Noe, at noong panahong iyon ay hindi nagpahayag ng maraming salita ang Diyos, kung kaya walang dudang maraming katotohanan ang hindi naunawaan ni Noe. Hindi niya naiintindihan ang makabagong siyensya o makabagong kaalaman. Isa siyang napakaordinaryong tao, isang hindi kapansin-pansing miyembro ng lipi ng tao. Subalit sa isang aspekto, hindi siya katulad ng sinupaman: Marunong siyang sumunod sa mga salita ng Diyos, marunong siyang tumalima at sumunod sa mga salita ng Diyos, alam niya kung ano ang wastong posisyon ng tao, at nagawa niyang tunay na maniwala at magpasakop sa mga salita ng Diyos—wala nang iba. Ang mga simpleng prinsipyong ito ay sapat na para tulutan si Noe na isakatuparan ang lahat ng ipinagkatiwala sa kanya ng Diyos, at nagtiyaga siya rito hindi lamang sa loob ng ilang buwan, ni ilang taon, ni ilang dekada, kundi sa loob ng mahigit isang siglo. Hindi ba kagila-gilalas ang numerong ito? Sino ang ibang makagagawa nito maliban kay Noe? (Walang iba.) At bakit wala? Sinasabi ng ilang tao na ito ay dahil sa hindi pagkaunawa sa katotohanan—ngunit hindi iyan alinsunod sa katunayan. Ilang katotohanan ang naunawaan ni Noe? Bakit nakaya ni Noe ang lahat ng ito? Nabasa na ng mga mananampalataya ngayon ang marami sa mga salita ng Diyos, nauunawaan

nila ang ilang katotohanan—kaya bakit hindi nila ito makayang gawin? Sinasabi ng iba na ito ay dahil sa mga tiwaling disposisyon ng mga tao—ngunit wala bang tiwaling disposisyon si Noe? Bakit nagawa ito ni Noe, pero hindi ng mga tao ngayon? (Dahil ang mga tao sa kasalukuyan ay hindi naniniwala sa mga salita ng Diyos, hindi nila itinuturing ni sinusunod ang mga iyon bilang katotohanan.) At bakit hindi nila maituring na katotohanan ang mga salita ng Diyos? Bakit hindi nila kayang sumunod sa mga salita ng Diyos? (Wala silang isang may-takot-sa-Diyos na puso.) Kaya kapag walang pagkaunawa ang mga tao sa katotohanan, at hindi pa nila naririnig ang maraming katotohanan, paano lumilitaw sa kanila ang isang may-takot-sa-Diyos na puso? (Dapat magkaroon sila ng pagkatao at konsensiya.) Tama iyan. Sa pagkatao ng mga tao, kailangan ay mayroon ng dalawang pinakamahahalagang bagay sa lahat: Ang una ay konsensiya, at ang pangalawa ay ang katwiran ng normal na pagkatao. Ang pagkakaroon ng konsensiya at katwiran ng normal na pagkatao ang pinakamababang pamantayan sa pagiging isang tao; ito ang pinakamababa at pinakapangunahing pamantayan sa pagsukat sa isang tao. Ngunit wala nito ang mga tao sa kasalukuyan, kaya nga gaano man karaming katotohanan ang naririnig at nauunawaan nila, hindi pa rin sila nagkakaroon ng may-takot-sa-Diyos na puso. Kaya ano ang esensiyal na pagkakaiba ng mga tao sa kasalukuyan kay Noe? (Wala silang pagkatao.) At ano ang diwa ng kawalan ng pagkatao na ito? (Mga hayop at demonyo sila.) Hindi magandang pakinggan ang “mga hayop at demonyo,” pero naaayon ito sa mga katunayan; ang isang mas magalang na paraan ng pagsasabi niyon ay na wala silang pagkatao. Ang mga taong walang pagkatao at katwiran ay hindi mga tao, masahol pa nga sila sa mga hayop. Kaya nakumpleto ni Noe ang atas ng Diyos ay dahil nang marinig ni Noe ang mga salita ng Diyos, nagawa niyang mahigpit na isapuso ang mga ito; para sa kanya, ang atas ng Diyos ay isang panghabambuhay na gawain, matibay ang kanyang pananalig, hindi nagbago ang kanyang kalooban sa loob ng isang daang taon. Iyon ay dahil mayroon siyang may-takot-sa-Diyos na puso, isa siyang tunay na tao, at siya ay may ganap na katwiran kaya ipinagkatiwala ng Diyos ang pagbubuo ng arka sa kanya. Ang mga taong may pagkatao at katwiran na katulad ni Noe ay bihirang-bihira, napakahirap makatagpo ng gayong tao.

Isang bagay lamang talaga ang nagawa ni Noe. Napakasimple nito: Matapos marinig ang mga salita ng Diyos, isinagawa niya ang mga ito, at ginawa niya ang mga ito nang walang pagkokompromiso. Hindi siya kailanman nagkaroon ng mga pagdududa, ni hindi siya kailanman sumuko. Patuloy niyang ginawa ang anumang ipagawa ng Diyos, isinagawa at ipinatupad niya ito sa paraang sinabi sa kanya ng Diyos nang walang pakikipagkompromiso, nang hindi iniisip ang dahilan, o ang kanyang sariling kapakinabangan o kawalan. Naalala niya ang mga salita ng Diyos: “Wawasakin ng Diyos ang mundo. Kailangan mong bumuo kaagad ng isang arka, at kapag natapos na ito at dumating ang tubig-baha, sasakay kayong lahat sa arka, at ang lahat ng mga hindi sasakay sa arka ay mamamatay.” Hindi niya alam kung kailan mangyayari ang sinabi ng Diyos, pero alam niyang matutupad ang sinabi ng Diyos, na lahat ng salita ng Diyos

ay totoo, wala ni isang salita ang huwad, at na sa kung kailan mangyayari ang mga ito, kung anong oras matutupad ang mga ito, nakasalalay iyon sa Diyos; alam niya na ang tanging tungkulin niya sa oras na iyon ay isapuso ang lahat ng sinabi ng Diyos, at pagkatapos ay huwag mag-aksaya ng oras sa pagsasagawa nito. Iyon ang nasa isipan ni Noe. Ito ang naisip niya, at ito ang kanyang ginawa, ang mga ito ang mga katunayan. Kaya, ano ang esensyal na pagkakaiba sa pagitan ninyo at ni Noe? (Kapag naririnig namin ang salita ng Diyos, hindi namin ito isinasagawa.) Pag-uugali ito, ano ang esensyal na pagkakaiba? (Kulang kami sa pagkatao.) Ito ay dahil taglay ni Noe ang dalawang pinakabatayang bagay na dapat taglayin ng tao—ang konsensiya at katwiran ng normal na pagkatao. Hindi ninyo taglay ang mga bagay na ito. Patas bang sabihin na si Noe ay matatawag na isang tao, at hindi kayo karapat-dapat na matawag na gayon? (Oo.) Bakit Ko sinasabi ito? Naroon ang mga katotohanan: Patungkol sa ginawa ni Noe, kalimutan ninyo ang kalahati, ni hindi ninyo kayang gawin kahit ang isang maliit na bahagi niyon. Nagawang magpatuloy ni Noe sa loob ng 120 taon. Hanggang ilang taon kayo makapagpapatuloy? 100? 50? 10? Lima? Dalawa? Kalahating taon? Sino sa inyo ang makapagpapatuloy sa loob ng kalahating taon? Ang paglabas at paghahanap ng kahoy na binanggit ng Diyos, pagpuputol nito, pagtatalop ng balat ng kahoy, pagpapatuyo ng kahoy, pagkatapos ay pagpuputol ng mga ito sa iba’t ibang hugis at sukat—patuloy ba ninyong magagawa iyan sa loob ng kalahating taon? Karamihan sa inyo ay umiiling—ni hindi ninyo kayang gawin iyon sa loob ng kalahating taon. Mga tatlong buwan kaya? Sinasabi ng ilang tao, “Palagay ko mahirap din ang tatlong buwan. Maliit ako at maselan. May mga lamok at iba pang mga insekto sa gubat, may mga langgam at pulgas din. Hindi ko matitiis kung makagat ako ng lahat ng iyon. Bukod pa ryan, ang pagpuputol ng kahoy araw-araw, ang paggawa niyong marumi at nakakapagod na gawain, nasa labas habang mainit ang araw at malakas ang hangin, wala pang dalawang araw ay sunog na ang balat ko. Hindi ganyan ang uri ng trabahong gusto kong gawin—mayroon bang mas madali na maaaring ipagawa sa akin?” Mapipili mo ba ang ipinagagawa sa iyo ng Diyos? (Hindi.) Kung hindi mo ito magagawa sa loob ng tatlong buwan, mayroon ka bang tunay na pagpapasakop? Mayroon ka bang realidad ng pagsunod? (Wala.) Hindi ka tatagal nang tatlong buwan. Kaya, mayroon bang sinuman na makatatagal nang kalahating buwan? Sinasabi ng ilang tao, “Hindi ako marunong kumilala ng kahoy na gofer o magputol ng mga puno. Ni hindi ko alam kung saan babagsak ang puno kapag pinutol ko ito—paano kung sa akin bumagsak ito? Maliban pa ryan, matapos putulin ang mga puno, isa o dalawang punong kahoy lamang ang kaya kong buhatin. Kapag higit pa roon, mababali na ang likod ko at mga balikat, hindi ba?” Ni hindi mo kayang gawin iyon sa loob ng kalahating buwan. Kaya, ano ang magagawa ninyo? Ano ang maisasagawa ninyo kapag hinilingan kayong sumunod sa mga salita ng Diyos, na magpasakop sa mga salita ng Diyos, isakatuparan ang Kanyang mga salita? Maliban sa paggamit ng mga computer at pag-uutos, ano pa ang kaya ninyong gawin? Kung panahon ito ni Noe, kayo kaya ang tatawagin ng Diyos? Siguradong hindi! Hindi kayo ang tatawagin ng

Diyos; hindi kayo ang titingnan ng Diyos nang may pabor. Bakit? Dahil hindi ka isang taong nakapagpapasakop matapos na marinig ang mga salita ng Diyos. At kung ganyang uri ka ng tao, nararapat ka bang mabuhay? Kapag dumating ang baha, nararapat ka bang makaligtas? (Hindi.) Kung hindi, wawasakin ka. Anong uri ka ng tao, kung hindi mo maisakatuparan ang mga salita ng Diyos sa loob ng kahit kalahating buwan man lang? Talaga bang naniniwala ka sa Diyos? Kung hindi mo kayang isagawa ang mga salita ng Diyos matapos marinig ang mga ito, kung hindi ka makatagal nang kalahating buwan, hindi mo man lamang matagalan ang dalawang linggo ng paghihirap, ano ang epekto sa iyo ng kaunting katotohanang nauunawaan mo? Kung ni wala itong epekto ng pagpigil sa iyo, para sa iyo, puro ilang salita lamang ang katotohanan, at talagang walang silbi ito. Anong uri ka ng tao kung nauunawaan mo ang lahat ng katotohanang iyon, subalit kapag hinilingan kang isakatuparan ang mga salita ng Diyos at dumanas ng hirap sa loob ng 15 araw ay hindi mo ito matagalan? Sa mga mata ng Diyos, isa ka bang nilikha na pasok sa pamantayan? (Hindi.) Kung isasaalang-alang ang pagdurusa at 120 taon ng pagtitiyaga ni Noe, higit pa sa maiksing distansya ang pagkakaiba ninyo—hindi maikukumpara. Ang dahilan kaya tinawag ng Diyos si Noe at ipinagkatiwala sa kanya ang lahat ng gusto Niyang ipagawa ay dahil, sa paningin ng Diyos, nagawa ni Noe na sumunod sa Kanyang mga salita, isa siyang taong maaaring pagkatiwalaan ng isang dakilang gawain, siya ay mapagkakatiwalaan, at siya ay isang taong maisasakatuparan ang gustong ipagawa ng Diyos; sa mga mata ng Diyos, ito ang isang tunay na tao. At kayo? Hindi ninyo maisasakatuparan ang anuman sa mga bagay na ito. Hindi mahirap isipin kung ano kayong lahat sa mga mata ng Diyos. Mga tao ba kayo? Akma ba kayong tawaging mga tao? Ang sagot ay malinaw: Hindi! Pinaikli Ko ang panahon hangga't maaari, sa 15 araw, dalawang linggo lamang, at walang sinuman sa inyo ang nagsabi na kaya ninyong gawin ito. Ano ang ipinapakita nito? Na ang inyong pananalig, katapatan at pagpapasakop ay balewalang lahat. Ang pinaniniwalaan ninyong pananalig, katapatan at pagpapasakop ay walang-halaga sa Akin! Ipinagyayabang ninyo na napakagaling ninyo, ngunit sa Aking pananaw ay napakalaki ng kulang sa inyo!

Ang pinakahindi kapani-paniwala, pinakakahanga-hanga at pinakakarapat-dapat tularan sa kuwento ni Noe ay ang kanyang 120 taon ng pagtitiyaga, kanyang 120 taong pagpapasakop at katapatan. Kita ninyo, nagkamali ba ang Diyos sa pinili Niyang tao? (Hindi.) Ang Diyos ay ang Diyos na pinagmamasdan ang kaloob-looban ng tao. Sa gitna ng malawak na dagat ng mga tao, pinili Niya si Noe, tinawag Niya si Noe, at hindi nagkamali ang Diyos sa Kanyang pinili: Namuhay si Noe ayon sa Kanyang mga inaasahan, matagumpay niyang nakumpleto ang naipagkatiwala sa kanya ng Diyos. Ito ay patotoo. Ito ang gusto ng Diyos, ito ay patotoo! Ngunit sa inyo, mayroon bang pahiwatig o mungkahi tungkol dito? Wala. Malinaw, walang gayong patotoo sa inyo. Ang nabunyag sa inyo, ang nakikita ng Diyos, ay ang tanda ng kahihiyan; wala ni isang bagay roon na kapag binanggit ay maaaring magpaluha sa mga tao. Tungkol sa iba't ibang pagpapamalas ni Noe, lalo na ang matatag niyang paniniwala sa mga salita ng Diyos na walang

pagdududa at pagbabago sa loob ng isang siglo, at pagtitiyaga niyang magawa ang arka na hindi nag-alinlangan sa loob ng isang siglo, at tungkol sa pananalig na ito at determinasyon niya, walang sinuman sa modernong panahon ang maihahambing kay Noe, walang makakapantay sa kanya. Gayumpaman, walang may pakialam sa katapatan at pagpapasakop ni Noe, walang naniniwala na may anuman dito na karapat-dapat pahalagahan at tularan ng mga tao. Sa halip, ano ang mas mahalaga sa mga tao ngayon? Ang pag-uulit ng mga islogan at pagsasabi ng mga doktrina. Tila nauunawaan nila ang maraming katotohanan, at na natamo na nila ang katotohanan—pero kumpara kay Noe, hindi pa nila natatamo ang isang daan, isang libong bahagi ng nagawa niya. Napakalaki ng kakulangan nila. Napakalaki ng pagkakaiba. Mula sa paggawa ni Noe ng arka, natuklasan ba ninyo kung anong uri ng mga tao ang minamahal ng Diyos? Anong uri ng kalidad, puso, at integridad ang makikita sa mga minamahal ng Diyos? Taglay ba ninyo ang lahat ng katangian na ito na mayroon si Noe? Kung pakiramdam mo na mayroon kang pananalig at karakter ni Noe, kung gayon medyo maiintindihan kung magtatakda ka ng mga kondisyon sa Diyos, at subukang makipagtawaran sa Kanya. Kung pakiramdam mo ay wala talaga ang mga ito sa iyo, sasabihin Ko sa iyo ang katotohanan: Huwag mo nang bolahin ang sarili mo—wala kang kuwenta. Sa mga mata ng Diyos, mas masahol ka pa kaysa sa isang uod. At mayroon ka pa ring lakas ng loob na magtakda ng mga kondisyon at makipagtawaran sa Diyos? Sinasabi ng ilang tao, “Kung masahol pa ako sa uod, maglingkod na lang kaya ako bilang isang aso sa sambahayan ng Diyos?” Hindi, hindi ka angkop para dito. Bakit? Ni hindi mo mabantayang mabuti ang pinto ng sambahayan ng Diyos, kaya sa mga mata Ko, ni hindi ka pa nga kapantay ng isang asong-bantay. Masakit ba ang mga salitang ito para sa inyo? Hindi ba kaaya-aya na marinig ito? Hindi nito intensyon na saktan ang inyong pagpapahalaga sa sarili; ito ay isang pahayag na batay sa katunayan, isang pahayag na batay sa ebidensiya, at hindi ito mali ni katiting. Ganito kayo mismo kumilos, ang mismong nakikita sa inyo; ganito mismo ninyo tinatrato ang Diyos, at ganito rin ninyo tinatrato ang lahat ng ipinagkakatiwala sa inyo ng Diyos. Pawang totoo at galing sa puso ang lahat ng sinabi Ko. Dito na natin tatapusin ang pagtatalakay sa kuwento ni Noe.

II. Inialay ni Abraham si Isaac

May isa pang kuwento na karapat-dapat isalaysay: ang kuwento ni Abraham. Isang araw, dalawang sugo ang dumating sa tahanan ni Abraham, na masigla silang tinanggap. Ang mga sugo ay naatasang sabihin kay Abraham na pagkakalooban siya ng Diyos ng isang anak na lalaki. Pagkarinig na pagkarinig niya nito, labis na natuwa si Abraham: “Salamat sa aking Panginoon!” Ngunit sa likod nila, humagikgik sa kanyang sarili ang asawa ni Abraham na si Sara. Ang ibig sabihin ng kanyang paghagikgik ay, “Imposible iyan, matanda na ako—paano pa ako magkakaanak? Napakalaking kahangalan na bibigyan ako ng anak na lalaki!” Hindi ito pinaniwalaan ni Sara. Narinig ba ng mga sugo ang pagtawa ni Sara? (Oo.) Siyempre narinig nila, at nakita rin ito ng Diyos. At ano ang

ginawa ng Diyos? Patagong nakamasid ang Diyos. Si Sara, ang mangmang na babaeng iyon, ay hindi naniwala roon—ngunit magugulo ba ng mga tao ang itinakdang gawin ng Diyos? (Hindi.) Hindi ito magugulo ng sinumang tao. Kapag nagtakda ang Diyos na gumawa ng isang bagay, maaaring sabihin ng ilang tao, “Hindi ako naniniwala roon, kontra ako, tumatanggi ako, tutol ako, hindi ako sang-ayon dito.” May katwiran ba ang kanilang mga salita? (Wala.) Kaya kapag nakikita ng Diyos na mayroong mga hindi sang-ayon, na mayroong sinasabi, na hindi naniniwala, kailangan ba Niyang magpaliwanag sa kanila? Kailangan ba Niyang ipaliwanag sa kanila ang mga paraan at dahilan ng kung ano ang Kanyang ginagawa? Ginagawa ba iyon ng Diyos? Hindi. Hindi Niya pinapansin ang ginagawa at sinasabi ng mga mangmang na taong ito, wala Siyang pakialam sa kanilang saloobin. Sa Kanyang puso, ang naitakdang gawin ng Diyos ay matagal nang nakataga sa bato: Ito ang Kanyang gagawin. Ang lahat ng bagay at pangyayari ay nasa ilalim ng kontrol at kataas-taasang kapangyarihan ng mga kamay ng Diyos, pati na kapag ang isang tao ay may anak, at kung anong uri ng mga anak ang mga ito—napakalinaw na nasa mga kamay rin ito ng Diyos. Sa katunayan, nang magpadala ng mga sugo ang Diyos para sabihin kay Abraham na bibigyan Niya ito ng isang anak na lalaki, matagal nang naiplano ng Diyos ang maraming bagay na gagawin Niya kalaunan. Anong mga responsabilidad ang babalikatin ng anak na iyon, anong uri ang magiging buhay niya, anong klase ng mga inapo ang magkakaroon siya—matagal nang naiplano ng Diyos ang lahat ng ito, at walang magiging mga pagkakamali o pagbabago. Kaya, mababago ba ng paghagikgik ng kung sinong hangal na babae ang anuman? Wala itong mababago. At nang dumating ang panahon, ginawa ng Diyos ang plinano Niya, at ang lahat ng ito ay natupad ayon sa sinabi at itinakda ng Diyos.

Nang si Abraham ay 100 taong gulang na, binigyan siya ng Diyos ng isang anak na lalaki. Dahil 100 taon nang namuhay na walang anak, naging nakakabagot at malungkot ang mga araw ng buhay ni Abraham. Ano kaya ang pakiramdam ng isang 100 taong gulang na lalaki na walang mga anak, lalo na’t walang isang anak na lalaki? “May kulang sa buhay ko. Hindi ako binigyan ng Diyos ng isang anak na lalaki, at ang buhay ko ay medyo malungkot, may kaunting panghihinayang.” Ngunit ano ang lagay ng loob ni Abraham nang magpadala ng mga sugo ang Diyos para sabihin sa kanya na siya ay bibigyan ng isang anak na lalaki? (Kagalakan.) Maliban sa nag-uumapaw na kagalakan, napuno rin siya ng pananabik. Pinasalamatan nito ang Diyos sa Kanyang biyaya, sa pagtutulot rito na magpalaki ng isang anak sa mga nalalabing taon nito. Napakagandang bagay nito, at ganoon ito nangyari. Kaya ano-ano ang mga bagay na ikinasiya niya? (Nagkaroon siya ng mga inapo, magpapatuloy ang angkan ng kanyang pamilya.) Isa iyan. May isa pa na napakasayang bagay rin—ano iyon? (Personal na ipinagkaloob ng Diyos ang batang ito.) Tama. Kapag magkakaanak ang isang ordinaryong tao, dumarating ba ang Diyos at sinasabi sa kanya? Sinasabi ba ng Diyos, “Personal Kong ipinagkakaloob sa iyo ang batang ito na ipinangako Ko sa iyo”? Ito ba ang ginagawa ng Diyos? Hindi. Kaya ano ang espesyal tungkol sa batang ito? Nagpadala ng mga sugo

ang Diyos para personal na sabihin kay Abraham, “Sa edad na 100, tatanggap ka ng isang anak, na personal na ipinagkakaloob ng Diyos.” Ito ang espesyal tungkol sa bata: Ang Diyos ang nagbalita tungkol dito, at personal itong ibinigay ng Diyos. Napakasayang bagay nito! At hindi ba’t ang espesyal na kahalagahan ng batang ito ay dahilan para mapuno ng samo’t saring bagay ang isipan ng mga tao? Ano ang naging pakiramdam ni Abraham nang masaksihan niya ang pagsilang ng batang ito? “Sa wakas ay nagkaroon din ako ng isang anak. Natupad na ang mga salita ng Diyos; sinabi ng Diyos na bibigyan Niya ako ng isang anak, at ginawa nga Niya ito!” Nang isilang ang batang ito at kinarga ito ni Abraham sa kanyang mga bisig, ang una niyang nadama ay, “Ang batang ito ay hindi ko natanggap mula sa mga kamay ng tao, kundi mula sa mga kamay ng Diyos. Tamang-tama ang panahon ng pagdating ng batang ito. Ipinagkaloob siya ng Diyos, at kailangan ko siyang palakihin nang maayos, at turuan siya nang mabuti, at tiyaking sumasamba siya sa Diyos at sumusunod sa mga salita ng Diyos, sapagkat siya ay mula sa Diyos.” Labis ba niyang minahal ang batang ito? (Oo.) Ito ay isang espesyal na bata. Idagdag pa riyan ang edad ni Abraham, at hindi mahirap isipin kung gaano niya minahal ang batang ito. Ang pagmamahal, pagsuyo, at pagkagiliw ng isang karaniwang tao sa kanyang anak ay natagpuan din kay Abraham. Nanampalataya si Abraham sa mga salitang sinambit ng Diyos, at nasaksihan, sa sarili niyang mga mata, ang katuparan ng mga salita ng Diyos. Naging saksi rin siya sa mga salitang ito mula sa pagbigkas hanggang sa katuparan ng mga ito. Nadama niya kung gaano kamaawtoridad ang mga salita ng Diyos, gaano kamahimala ang mga gawa ng Diyos, at, ang pinakamahalaga, gaano kalaki ang pagmamalasakit ng Diyos para sa tao. Habang nakatingin sa bata, bagama’t nadama ni Abraham ang komplikado at matitinding damdamin, sa kanyang puso ay may isang bagay lang siyang sinabi sa Diyos. Sabihin ninyo sa Akin, ano sa palagay ninyo ang sinabi niya? (Salamat sa Diyos!) “Salamat sa aking Panginoon!” Nagpasalamat si Abraham, at inihandog din niya ang kanyang malaking pasasalamat at papuri sa Diyos. Para sa Diyos at kay Abraham, bukod-tangi ang kahalagahan ng batang ito. Iyan ay dahil, mula sa sandaling sinabi ng Diyos na bibigyan Niya si Abraham ng isang anak, nagplano at nagtakda na ang Diyos na may isasakatuparan Siya: Mayroong mahahalagang bagay, mga dakilang bagay, na nais Niyang maisakatuparan sa pamamagitan ng batang ito. Gayon kahalaga ang bata para sa Diyos. At para kay Abraham, dahil sa espesyal na biyaya ng Diyos sa kanya, dahil pinagkalooban siya ng Diyos ng isang anak, sa takbo ng kasaysayan ng buong lahi ng tao, at pagdating sa buong sangkatauhan, ang halaga at importansya ng kanyang pag-iral ay pambihira, higit sa karaniwan. At ito ba ang katapusan ng kuwento? Hindi. Ang kritikal na bahagi ay hindi pa nagsisimula.

Matapos matanggap ni Abraham si Isaac mula sa Diyos, pinalaki niya si Isaac ayon sa iniutos at hiniling ng Diyos. Sa kanyang pang-araw-araw na buhay sa lahat ng ordinaryong mga taon na iyon, inakay ni Abraham si Isaac para mag-alay, at isinalaysay kay Isaac ang mga kuwento tungkol sa Diyos na nasa langit. Paunti-unting naunawaan ni Isaac ang mga bagay-bagay. Natutuhan niya kung paano magpasalamat sa Diyos, at

magpuri sa Diyos, at natutuhan niya kung paano sumunod, at magbigay ng mga handog. Alam na niya kung kailan dapat maghandog at kung saan naroroon ang altar. Sunod, pupunta tayo sa pinakamahalagang bahagi ng kuwento. Isang araw, noong magsimula si Isaac na maunawaan ang mga bagay-bagay ngunit hindi pa sumasapit sa hustong gulang, sinabi ng Diyos kay Abraham, “Ayaw Ko ng kordero para sa alay na ito. Sa halip ay ihandog mo si Isaac.” Para sa isang katulad ni Abraham, na mahal na mahal si Isaac, para bang lubhang nakakagulat ang mga salita ng Diyos? Hindi bale na si Abraham na napakatanda na—ilang tao ang nasa rurok ng kanilang buhay—mga taong nasa edad na 30 o 40—ang makakayang marinig ang balitang ito? Kaya ba ninuman? (Hindi.) At ano ang reaksiyon ni Abraham matapos marinig ang mga salita ng Diyos? “Ha? Nagkamali ba ang Diyos sa sinabi Niya? Hindi kailanman nagkakamali ang Diyos, kaya nagkamali ba ng dinig ang matatanda kong tainga? Sisiguraduhin ko.” Nagtanong siya, “O Diyos, hinihilingan Mo ba ako na ihandog si Isaac? Si Isaac ba ang alay na nais Mo?” Sinabi ng Diyos, “Oo, tama iyan!” Matapos makumpirma, nalaman ni Abraham na hindi mali ang mga salita ng Diyos, at hindi magbabago ang mga ito. Ito mismo ang ibig sabihin ng Diyos. At mahirap ba para kay Abraham na marinig ito? (Mahirap.) Gaano kahirap? Sa kanyang isipan, naisip ni Abraham, “Pagkatapos ng lahat ng taon na ito, sa wakas ay nagsimula nang lumaki ang anak ko. Kung ihahandog siya bilang isang buhay na alay, ibig sabihin niyan ay kakatayin siya sa altar na parang kordero sa katayan. Ang ibig sabihin ng makatay ay papatayin siya, at ang pagpatay sa kanya ay nangangahulugan na mula sa araw na ito, mawawala na sa akin ang batang ito....” Nang umabot na sa puntong ito ang mga naiisip niya, nangahas pa bang patuloy na mag-isip si Abraham? (Hindi.) Bakit hindi? Ang patuloy na mag-isip ay maghahatid ng mas matinding sakit, na parang isang patalim sa puso. Ang patuloy na mag-isip pa ay hindi mangangahulugan ng pag-iisip ng masasayang bagay—mangangahulugan ito ng matinding pighati. Ang bata ay hindi lang babawiin, hindi makikita nang ilang araw o taon, ngunit naroroon pa rin; hindi ito tulad ng palaging mag-iisip si Abraham tungkol sa kanya, at pagkatapos ay tatagpuing muli ang bata sa isang pagkakataon kapag ganap na itong malaki. Hindi ganoon ang kaso. Kapag naihandog na ang bata sa ibabaw ng altar, mawawala na siya, hindi na siya kailanman muling makikita, naialay na siya sa Diyos, at nakabalik na siya sa Diyos. Babalik sa dati ang mga bagay-bagay. Bago dumating ang bata, malungkot ang buhay. At magiging masakit ba kung nagpatuloy nang gayon ang mga bagay-bagay, na hindi siya nagkaroon ng anak kailanman? (Hindi ito magiging napakasakit.) Ang magkaroon ng anak at pagkatapos ay mawala ito—napakasakit niyan. Kalunos-lunos ito! Ang ibalik ang batang ito sa Diyos ay nangangahulugan na mula sa oras na iyon, hindi na muling makikita ang bata kailanman, hindi na muling maririnig ang kanyang tinig kailanman, hindi na siya muling mapapanood ni Abraham na naglalaro, hindi na siya maaalagaan, hindi na siya mapapatawa, hindi na makikita ang kanyang paglaki, hindi na matatamasa ang lahat ng kasiyahan ng pamilya na dulot ng kanyang presensya. Ang tanging mananatili ay pasakit at pangungulila. Habang lalo itong iniisip ni Abraham, lalo

itong naging mahirap. Ngunit gaano man ito kahirap, isang bagay ang malinaw sa kanyang puso: “Hindi biro ang sinabi at ang gagawin ng Diyos, hindi ito maaaring maging mali, lalong hindi ito maaaring magbago. Bukod pa ryan, ang bata ay nagmula sa Diyos, kaya ganap na likas at makatwiran na ihandog siya sa Diyos, at kapag ninais ng Diyos, tungkulin kong ibalik siya sa Diyos, nang walang kompromiso. Ang nakaraang dekada ng kasiyahan ng pamilya ay naging isang espesyal na kaloob, na natamasa ko nang sagana; dapat akong magpasalamat sa Diyos, at hindi ako dapat gumawa ng di-makatwirang mga hinihingi sa Diyos. Ang batang ito ay pag-aari ng Diyos, hindi ko siya dapat angkinin, hindi ko siya personal na pag-aari. Lahat ng tao ay mula sa Diyos. Kahit na hilingin sa akin na ihandog ang sarili kong buhay, hindi ko dapat subukang makipagtalo sa Diyos o magtakda ng mga kondisyon, lalo pa kapag ang bata ay personal na ibinalita at ipinagkaloob ng Diyos. Kung sinabi ng Diyos na ihandog siya, ihahandog ko siya!”

Minu-minuto, segu-segundo, lumipas ang oras sa ganitong paraan, ang sandali ng sakripisyo ay papalapit nang papalapit. Ngunit sa halip na mas lalong maging miserable, lalong napanatag si Abraham. Ano ang nagpakalma sa kanya? Ano ang nagtulot kay Abraham na matakasan ang pasakit at magkaroon ng tamang saloobin sa mangyayari? Naniwala siya na ang saloobin ng isang tao sa lahat ng ginawa ng Diyos ay dapat na saloobin ng pagpapasakop, at hindi saloobin ng pagtatangka na makipagtalo sa Diyos. Nang umabot sa puntong ito ang kanyang mga iniisip, hindi na siya nasasaktan. Dala-dala ang batang si Isaac, sumulong siya nang paisa-isang hakbang, patungo sa tabi ng altar. Walang anumang bagay sa ibabaw ng altar—hindi tulad ng karaniwan, kung saan may korderong naroon na at naghihintay. “Ama, hindi mo pa ba naihahanda ang alay ngayon?” tanong ni Isaac. “Kung hindi, ano ang iaalay ngayon?” Ano ang nadama ni Abraham nang itanong ito ni Isaac? Posible bang naging masaya siya? (Hindi.) Kaya ano ang ginawa niya? Sa kanyang puso, kinamuhian ba niya ang Diyos? Nagreklamo ba siya sa Diyos? Lumaban ba siya? (Hindi.) Wala sa mga ito. Ano ang ipinapakita nito? Mula sa lahat ng sumunod na nangyari, malinaw na hindi talaga inisip ni Abraham ang gayong mga bagay. Ipinatong niya ang panggatong na sisindihan niya sa altar, at tinawag si Isaac. At pagkakita kay Abraham na tinatawag si Isaac patungo sa altar, sa sandaling iyon, ano ang inisip ng mga tao? “Napakawalang-puso mong matanda ka. Wala kang pagkatao. Hindi ka tao! Anak mo siya, talaga bang matitiis mong gawin ito? Magagawa mo ba talaga ito? Ganyan ka ba talaga kalupit? Mayroon ka man lamang bang puso?” Hindi ba’t iyon ang iniisip nila? At inisip ba ni Abraham ang mga bagay na ito? (Hindi.) Tinawag niya si Isaac sa kanyang tabi at, na hindi makasambit ng isang salita, kinuha niya ang taling kanyang inihanda at itinali ang mga kamay at paa ni Isaac. Ipinahihiwatig ba ng mga pagkilos na ito na ang handog na ito ay magiging tunay o huwad? Magiging tunay ito, walang bahid ng pagkukunwari, hindi isang palabas. Pinasan niya si Isaac sa kanyang mga balikat, at gaano man nagpapalag at nag-iiyak ang bata, hindi kailanman naisip ni Abraham na sumuko. Desidido niyang inilagay ang kanyang batang anak sa ibabaw ng mga panggatong, para sunugin sa altar. Umiyak,

sumigaw, nagpapalag si Isaac—ngunit isinasagawa sa oras na iyon ni Abraham ang mga dapat gawin para sa pag-aalay sa Diyos, inihahanda ang lahat para sa alay. Matapos niyang ilagay si Isaac sa ibabaw ng altar, inilabas ni Abraham ang isang patalim na karaniwang ginagamit sa pagkatay sa mga kordero, at matatag itong hinawakan ng dalawang kamay, habang itinataas niya ang patalim sa ibabaw ng kanyang ulo, at itinutok ito kay Isaac. Ipinikit niya ang kanyang mga mata, at nang ibababa na niya ang patalim, kinausap ng Diyos si Abraham. Ano ang sinabi ng Diyos? “Abraham, pigilan mo ang kamay mo!” Hindi naisip kailanman ni Abraham na sasabihin ng Diyos ang gayong bagay nang ibabalik na niya si Isaac sa Kanya. Hindi ito isang bagay na nangahas siyang isipin. Gayumpaman, nang paisa-isa, tumama nang malakas sa kanyang puso ang mga salita ng Diyos. Sa gayon ay nakaligtas si Isaac. Noong araw na iyon, ang alay na talagang ibibigay sa Diyos ay nasa likod ni Abraham; ito ay isang kordero. Matagal na itong inihanda ng Diyos, ngunit walang ibinigay na pahiwatig ang Diyos kay Abraham bago iyon, sa halip ay sinabihan siyang tumigil nang maitaas na niya ang patalim at handa na siyang ibaba ito. Walang sinumang makaiisip nito, hindi si Abraham, hindi rin si Isaac. Kung titingnan ang pag-aalay ni Abraham kay Isaac, nilayon ba talaga ni Abraham na ialay ang kanyang anak, o nagpapanggap lang siya? (Tunay niyang nilayon na gawin ito.) Tunay niyang nilayon na gawin ito. Ang kanyang mga kilos ay dalisay, wala itong halong panlilinlang.

Inihandog ni Abraham ang kanyang sariling laman at dugo bilang alay sa Diyos—at nang ipagawa sa kanya ng Diyos ang pag-aalay na ito, hindi sinubukan ni Abraham na makipagtalo sa Diyos sa pagsasabing, “Hindi ba tayo maaaring gumamit ng iba? Ako na lang, o sinumang iba pa.” Sa halip na sabihin ang gayong mga bagay, ibinigay ni Abraham ang kanyang pinakamamahal at itinatanging anak sa Diyos. At paano ginawa ang paghahandog na ito? Narinig niya ang sinabi ng Diyos, at pagkatapos ay basta humayo at ginawa iyon. Magkakaroon ba ng katuturan para sa mga tao kung binigyan ng Diyos si Abraham ng isang anak, at nang lumaki ang bata, hiningi Niya kay Abraham na ibalik ang bata, at gusto Niyang bawiin ang bata? (Hindi.) Mula sa perspektiba ng tao, hindi ba’t magiging ganap na hindi makatwiran iyon? Hindi ba’t magmumukha iyon na pinaglalaruan ng Diyos si Abraham? Ibinigay ng Diyos ang batang ito isang araw, at makalipas lamang ang ilang taon, gusto na Niyang bawiin ang bata. Kung nais ng Diyos ang bata, dapat sana ay kinuha Niya na lamang ito; hindi na kailangang dulutan ng pagdurusa ang taong iyon sa paghiling na ialay niya ang bata sa altar. Ano ang kahulugan ng paghahandog sa bata sa altar? Na kailangan ni Abraham na katayin at pagkatapos ay sunugin ang bata gamit ang sarili niyang mga kamay. Isa ba ito sa mga bagay na kayang tiisin ng isang tao na gawin? (Hindi.) Ano ang ibig sabihin ng Diyos nang hiningi Niya ang pag-aalay na ito? Na dapat gawin ni Abraham nang personal ang mga bagay na ito: personal na itali ang kanyang anak, personal na ilagay ito sa ibabaw ng altar, personal itong patayin gamit ang patalim, at pagkatapos ay personal itong sunugin bilang isang handog sa Diyos. Sa mga tao, tila wala sa mga ito ang nagsasaalang-alang

ng mga damdamin ng tao; walang katuturan ang alinman sa mga bagay na ito ayon sa kanilang mga kuru-kuro, pag-iisip, pilosopiyang etikal, o moralidad at mga kaugalian. Hindi nabuhay si Abraham nang hiwalay sa iba, ni hindi siya nabuhay sa mundo ng pantasya; nabuhay siya sa mundo ng tao. Mayroon siyang mga saloobin ng tao at mga pananaw ng tao. At ano ang nasa isip niya nang mangyari sa kanya ang lahat ng ito? Bukod pa sa kanyang pagdurusa, at maliban pa sa ilang bagay na nagpalito sa kanya, mayroon bang paghihimagsik o pagtangga sa kanya? Binatikos at inabuso ba niya nang pasalita ang Diyos? Hindi talaga. Kabaligtaran nito mismo: mula sa sandaling inutusan siya ng Diyos na gawin ang bagay na ito, hindi nangahas si Abraham na balewalain ito sa halip, nagsimula siyang maghanda kaagad. At ano ang lagay ng kanyang loob nang simulan niya ang mga paghahandang ito? Siya ba ay nalulugod, nagagalak, at natutuwa? O nasasaktan ba siya, nagdadalamhati, at mabigat ang loob? (Nasasaktan siya at nagdadalamhati.) Nasasaktan siya! Mabigat ang bawat hakbang niya. Matapos mapagtanto ang bagay na ito, at matapos marinig ang mga salita ng Diyos, bawat araw ay parang isang taon kay Abraham; siya ay miserable, walang kakayahang magalak, at mabigat ang kanyang loob. Gayumpaman, ano ang kanyang kaisa-isang paninindigan? (Na dapat niyang sundin ang mga salita ng Diyos.) Tama iyan, ito ay na dapat niyang sundin ang mga salita ng Diyos. Sinabi niya sa sarili, “Purihin ang pangalan ng aking Panginoong Jehova; isa ako sa mga tao ng Diyos, at dapat kong sundin ang mga salita ng Diyos. Tama man o mali ang sinasabi ng Diyos, at paano man dumating sa akin si Isaac, kung hingin ng Diyos, kailangan kong ibigay; gayon ang katwiran at saloobing dapat matagpuan sa tao.” Hindi naging malaya si Abraham sa sakit o hirap matapos tanggapin ang mga salita ng Diyos; nasaktan siya at nagkaroon ng sariling mga paghihirap, at hindi madaling mapagtagumpayan ang mga ito! Magkagayunman, ano ang nangyari sa huli? Tulad ng kagustuhan ng Diyos, dinala ni Abraham ang kanyang sariling anak, isang bata, sa altar, at lahat ng ginawa niya ay nakita ng Diyos. Kung paano pinagmasdan ng Diyos si Noe, gayon din Niya minasdan ang bawat galaw ni Abraham, at naantig Siya sa lahat ng ginawa nito. Bagama’t hindi nagwakas ang mga bagay-bagay nang tulad ng iniisip ng sinuman, ang ginawa ni Abraham ay natatangi sa buong sangkatauhan. Dapat ba siyang magsilbing halimbawa para sa lahat ng sumusunod sa Diyos? (Oo.) Isa siyang huwaran para sa buong sangkatauhan na sumusunod sa Diyos. Bakit Ko sinasabi na isa siyang huwaran para sa sangkatauhan? Hindi naunawaan ni Abraham ang maraming katotohanan, ni hindi niya narinig ang anumang mga katotohanan o sermon na personal na binigkas ng Diyos sa kanya. Naniwala, kumilala, at sumunod lamang siya. Ano ang taglay ng pagkatao niya na lubhang natatangi? (Ang katwiran ng isang nilikha.) Aling mga salita ang sumasalamín dito? (Sinabi niya, “Purihin ang pangalan ng aking Panginoong Jehova; dapat akong sumunod sa mga salita ng Diyos, at naaayon man o hindi ang mga ito sa mga kuru-kuro ng tao, dapat akong magpasakop.”) Dito, taglay ni Abraham ang katwiran ng normal na pagkatao. Bukod pa rian, mayroon din siyang konsensiya ng normal na pagkatao. At saan nasalaman ang konsensiyang ito?

Alam ni Abraham na ipinagkaloob ng Diyos si Isaac, na ito ay bagay ng Diyos, na pag-aari ito ng Diyos, at na dapat itong ibalik ni Abraham sa Diyos nang hilingin ito ng Diyos, sa halip na palagi siyang kumapit dito; gayon ang konsensiyang dapat taglayin ng tao.

Mayroon bang konsensiya at katwiran ang mga tao sa kasalukuyan? (Wala.) Sa anong mga bagay ito nasasalamín? Gaano man kalaki ang biyaya ang ipinagkakaloob ng Diyos sa mga tao, at gaano karami mang pagpapala o biyaya ang kanilang tinatamasa, ano ang kanilang saloobin kapag hinihiling sa kanila na suklian ang pagmamahal ng Diyos? (Paglaban, at kung minsan ay takot na mahirapan at mapagod.) Ang takot na mahirapan at mapagod ay isang kongkretong pagpapamalas ng kawalan ng konsensiya at katwiran. Ang pagdadahilan, pagsubok na magtakda ng mga kondisyon at makipagtawaran, ay mga kongkretong pagpapamalas din, hindi ba? (Oo.) Nariyan din ang pagrereklamo, paggawa ng mga bagay nang pabasta-basta at tuso, at pag-iimbot ng mga kaginhawahan ng laman—lahat ng ito ay mga kongkretong pagpapamalas. Hindi nagtataglay ng konsensiya ang mga tao ngayon, subalit madalas pa rin nilang purihin ang biyaya ng Diyos, at binibilang nila ang lahat ng biyayang iyon, at naluluha sila kapag binibilang nila ang mga iyon. Gayunman, pagkatapos nilang magbilang, doon na iyon nagtatapos; patuloy pa rin silang nagiging pabasta-basta, patuloy na iniraraos lang ang mga bagay-bagay, patuloy silang nagiging mapanlinlang at patuloy na nagiging tuso at nagpapakatamad, nang walang anumang partikular na pagpapamalas ng pagsisisi. Ano, kung gayon, ang silbi ng iyong pagbibilang? Pagpapamalas ito ng kawalan ng konsensiya. Kaya, paano naipapamalas ang kawalan ng katwiran? Kapag pinupungusan ka ng Diyos, nagrereklamo ka, nasasaktan ang damdamin mo, at pagkatapos ay ayaw mo nang gawin ang iyong tungkulin at sinasabi mo na walang pagmamahal ang Diyos; kapag nagdurusa ka nang kaunti habang ginagawa mo ang iyong tungkulin, o kapag ang kapaligirang inihahanda ng Diyos para sa iyo ay medyo mahirap, medyo mapanghamon, o medyo mabigat, ayaw mo nang gawin iyon at hindi mo hinahangad na magpasakop sa alinman sa iba't ibang kapaligirang inihanda ng Diyos, isinasaalang-alang mo lang ang laman, at ang nais mo lamang ay makalaya at makapagwala. Ito ba ay kawalan ng katwiran o hindi? Ayaw mong tanggapin ang kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos, at nais mo lamang makinabang mula sa Kanya. Kapag nagpapatupad ka ng kaunting gawain at nagdurusa nang kaunti, iginigiit mo ang mga kalipikasyon mo, iniisip mo na higit ka sa iba habang tinatamasa mo ang mga pakinabang ng katayuan, at nagsisimula kang magmayabang na parang isang opisyal. Wala kang pagnanais gumawa ng anumang tunay na gawain, ni wala kang kakayahang ipatupad ang anumang tunay na gawain—nais mo lamang mag-utos at maging isang opisyal. Gusto mo na ikaw mismo ang maging batas, na gawin ang anumang gusto mo, at walang pakundangang gumawa ng mga maling gawa. Maliban pa sa pag-alpas at pagwawala, wala nang ibang namamalas sa iyo. Pagtataglay ba ito ng katwiran? (Hindi.) Kung binigyan kayo ng Diyos ng isang mabuting anak, at kalaunan ay sinabihan ka nang tahasan na babawiin Niya ang anak mo, ano ang magiging saloobin mo? Mapanghahawakan mo ba ang saloobing

pareho ng kay Abraham? (Hindi.) Sasabihin ng ilang tao, “Bakit hindi? Bente anyos na ang anak ko, at inihandog ko siya sa sambahayan ng Diyos, kung saan siya ngayon gumagawa ng tungkulin!” Alay ba ito? Sa pinakamainam, naakay mo lamang ang iyong anak sa tamang landas—ngunit mayroon ka ring lihim na motibo: Natatakot ka na baka mamatay ang iyong anak sa gitna ng sakuna. Hindi ba ganito? Ang ginagawa mo ay hindi tinatawag na pag-aalay; hinding-hindi ito katulad ng pag-aalay ni Abraham kay Isaac. Hindi talaga maikukumpara ang mga ito sa isa’t isa. Nang marinig ni Abraham ang iniutos ng Diyos sa kanya, gaano kaya kahirap isagawa ang tagubiling ito para sa kanya—o para sa sinumang iba pang miyembro ng sangkatauhan? Marahil iyon na ang pinakamahirap na bagay sa mundo; wala nang mas hihirap pa rito. Hindi iyon paghahandog ng isang bagay na tulad ng kordero o kaunting pera, at hindi iyon isang makamundong pag-aari o materyal na bagay, ni hindi ito isang hayop na walang koneksiyon sa tao na naghahandog. Iyon ay mga bagay na kayang ihandog ng isang tao nang may panandaliang bugso ng pagsisikap—samantalang ang alay na hiningi ng Diyos kay Abraham ay ang buhay ng isang tao. Iyon ay sariling laman at dugo ni Abraham. Napakahirap niyon! Espesyal din ang pinagmulan ng bata, sa dahilang siya ay ipinagkaloob ng Diyos. Ano ang layon ng Diyos sa pagkakaloob sa kanya ng isang anak? Iyon ay upang magkaroon ng anak na lalaki si Abraham na mapapalaki hanggang sa umabot sa hustong gulang, mag-asawa at magkaanak ito, nang sa gayon ay maipagpatuloy ang pangalan ng angkan. At magkagayunman, ang batang ito ay ibabalik sa Diyos bago pa siya umabot sa hustong gulang, at hindi na mangyayari ang mga bagay na iyon kailanman. Kaya, ano ang silbi ng pagkakaloob ng Diyos ng isang anak kay Abraham? Magkakaroon ba ito ng anumang katuturan sa isang nakamasid? Kung pagbabatayan ang mga kurukuro ng mga tao, wala itong katuturan. Makasarili ang tiwaling sangkatauhan; walang sinumang makakaunawa rito. Hindi rin ito maintindihan ni Abraham; hindi niya alam kung ano, sa huli, ang gustong gawin ng Diyos, maliban sa hiningi Niya sa kanya na ialay si Isaac. Samakatwid, ano ang piniling gawin ni Abraham? Ano ang kanyang saloobin? Bagama’t hindi niya naunawaan ang lahat ng ito, nagawa pa rin niya ang iniutos ng Diyos; sinunod niya ang mga salita ng Diyos at nagpasakop siya sa bawat salita na hiningi ng Diyos nang hindi lumalaban o humihiling ng pagpipilian, lalong hindi niya sinubukang magtakda ng mga kondisyon o makipagtalo sa Diyos. Bago naintindihan ni Abraham ang lahat ng nangyayari, nagawa niyang sumunod at magpasakop—na talagang bihira at kapuri-puri, at higit pa sa abilidad ng sinuman sa inyo na nakaupo rito. Hindi alam ni Abraham kung ano ang nangyayari, at hindi sinabi sa kanya ng Diyos ang buong kuwento; magkagayunman, sineryoso niya ang lahat, naniniwala siya na dapat magpasakop ang mga tao sa anumang nais gawin ng Diyos, at na hindi sila dapat magtanong, na kung wala nang iba pang sabihin ang Diyos, hindi iyon isang bagay na kailangang maunawaan ng mga tao. Sinasabi ng ilang tao, “Ngunit tiyak na kailangan mong alamin ang puno’t dulo nito, tama ba? Kahit pa sangkot ang kamatayan, kailangan mong alamin kung bakit.” Ito ba ang saloobin na kailangang taglayin ng isang nilikha?

Kapag hindi ka tinulutan ng Diyos na maunawaan ang isang bagay, dapat mo bang unawain iyon? Kapag may ipinagawa sa iyo, gawin mo ito. Bakit mo ginagawang komplikado ang mga bagay-bagay? Kung nais ng Diyos na maunawaan mo ang isang bagay, naipaliwanag na sana Niya iyon sa iyo; dahil hindi Niya ginawa iyon, hindi mo kailangang maunawaan iyon. Kapag hindi hinihingi sa iyo na maunawaan iyon, at kapag wala kang kakayahang makaunawa, lahat ay nakadepende sa kung paano ka kumikilos at kung kaya mong magpasakop sa Diyos. Mahirap ito para sa inyo, hindi ba? Sa gayong mga sitwasyon, hindi kayo nagpapasakop, at wala nang natitira sa inyo kundi pagrereklamo, maling interpretasyon, at paglaban. Si Abraham ang eksaktong kabaligtaran ng nakikita sa inyo. Tulad ninyo, hindi niya alam kung ano ang gagawin ng Diyos, ni hindi niya alam ang dahilan sa likod ng mga kilos ng Diyos; hindi niya naunawaan ang mga iyon. Ginusto ba niyang magtanong? Ginusto ba niyang malaman kung ano ang nangyayari? Oo, ngunit kung hindi sinabi sa kanya ng Diyos, saan siya puwedeng pumunta para magtanong? Sino ang puwede niyang tanungin? Ang mga bagay ng Diyos ay isang misteryo; sino ang makasasagot sa mga tanong tungkol sa mga bagay ng Diyos? Sino ang makakaunawa sa mga ito? Hindi maaaring pumalit sa lugar ng Diyos ang mga tao. Tanungin ninyo ang iba, at hindi rin nila iyon mauunawaan. Maaari ninyo itong pag-isipan, ngunit hindi ninyo ito malulutas, hindi ninyo ito maaarok. Kaya, kung hindi ninyo nauunawaan ang isang bagay, ibig sabihin ba niyan ay hindi ninyo kailangang gawin ang sinasabi ng Diyos? Kung mayroon kayong hindi nauunawaan, maaari ba kayong sadyang magmasid, magpaliban, maghintay ng pagkakataon, at maghanap ng iba pang opsiyon? Kung hindi ninyo maunawaan ang isang bagay—kung hindi ninyo ito maarok—ibig sabihin ba niyan ay hindi ninyo kailangang magpasakop? Ibig sabihin ba niyan ay maaari kayong kumapit sa inyong mga karapatang pantao at magsabing, “Mayroon akong mga karapatang pantao; kaya kong magsarili, kaya ano ang karapatan Mong pagawain ako ng mga kahangalan? Ako ay nakatindig sa pagitan ng langit at lupa—kaya kong suwayin Ka”? Ito ba ang ginawa ni Abraham? (Hindi.) Dahil naniwala siya na isa lamang siyang ordinaryo at karaniwang nilikha, isang taong nasa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, pinili niyang sumunod at magpasakop, na hindi balewalain ang anuman sa mga salita ng Diyos, kundi isagawa ang mga iyon nang lubusan. Anuman ang sabihin ng Diyos, at anuman ang ipagawa sa kanila ng Diyos, wala nang ibang pagpipilian ang mga tao; kailangan nilang makinig, at pagkatapos makinig, dapat silang humayo at isagawa iyon. Bukod pa ryan, kapag isinasagawa nila ito, ang mga tao ay dapat magpasakop nang lubusan at nang payapa ang kanilang isipan. Kung kinikilala mo na ang Diyos ay iyong Diyos, dapat mong sundin ang Kanyang mga salita; maglaan ng puwang para sa Kanya sa puso mo, at isagawa ang Kanyang mga salita. Kung ang Diyos ay iyong Diyos, hindi mo dapat sikaping suriin ang sinasabi Niya sa iyo; paano man Niya sinasabi ang mga bagay, ganoon ang mga ito, at hindi mahalaga kung hindi mo nauunawaan o naaarok iyon. Ang mahalaga ay dapat kang tumanggap at magpasakop sa Kanyang sinasabi. Ito ang saloobin ni Abraham pagdating

sa mga salita ng Diyos. Dahil mismo sa taglay ni Abraham ang saloobing ito kaya nasunod niya ang mga salita ng Diyos, kaya nagawa niyang magpasakop sa iniutos sa kanya ng Diyos, at naging isang tao na matuwid at perpekto sa mga mata ng Diyos. Ito ay sa kabila ng katunayan na, sa mga mata ng lahat ng taong mayabang at mapangmata, nagmukhang hangal at naguguluhan si Abraham nang balewalain niya ang buhay ng sarili niyang anak alang-alang sa kanyang pananalig, at kaswal na inilalagay ito sa ibabaw ng altar para patayin. Napaka-iresponsableng pagkilos naman niyon, naisip nila; napakawalang kakayahan at walang puso naman niyang ama, at napakamakasariili niya para gawin ang gayong bagay alang-alang sa kanyang pananalig! Ganito ang tingin ng lahat ng tao kay Abraham. Gayunman, gayon ba ang tingin ng Diyos sa kanya? Hindi. Ano ang tingin ng Diyos sa kanya? Nagawang sumunod at magpasakop ni Abraham sa sinabi ng Diyos. Hanggang sa anong antas niya nagawang magpasakop? Ginawa niya iyon nang hindi nakikipagkompromiso. Nang hingin ng Diyos ang pinakamahalaga sa kanya, ibinalik ito ni Abraham sa Diyos, inialay ito sa Diyos. Sumunod at nagpasakop si Abraham sa lahat ng hiningi sa kanya ng Diyos. Sa pananaw man ng mga kuru-kuro ng tao o sa mga mata ng tiwali, mukhang lubhang hindi makatwiran ang kahilingan ng Diyos, subalit nagawa pa rin ni Abraham na magpasakop; dahil ito sa kanyang integridad, na siyang larawan ng tunay na pananalig at pagpapasakop sa Diyos. Paano naipakita ang tunay na pananalig at pagpapasakop na ito? Sa tatlong salita lamang: sa kanyang pagsunod. Wala nang ibang mas katangi-tangi o mahalagang taglayin ng isang tunay na nilikha, at wala nang ibang mas bihira o mas kapuri-puri. Ito mismo ang pinakakatangi-tangi, pinakabihira, at pinakakapuri-puring bagay na walang-wala sa mga tagasunod ng Diyos ngayon.

Ang mga tao ngayon ay edukado at maalam. Nauunawaan nila ang makabagong siyensya, at labis na nahawahan, nakondisyon, at naimpluwensiyahan ng tradisyonal na kultura at imoral na mga kaugalian sa lipunan; umiikot ang kanilang isipan, masalimuot ang kanilang mga kuru-kuro, at sa kanilang kalooban, lubos silang naguguluhan. Matapos makinig sa mga sermon sa loob ng maraming taon, at habang kinikilala at nagtitiwala na ang Diyos ang May Kataas-taasang Kapangyarihan sa lahat ng bagay, taglay pa rin nila ang mapagwalang-bahala at walang pakialam na saloobin sa bawat salita ng Diyos. Ang kanilang saloobin sa mga salitang ito ay ang balewalain ang mga ito; ang magbulag-bulagan at magbingi-bingihan sa mga ito. Anong klaseng tao ito? Kinukuwestyon nila ang “dahilan” ng lahat ng bagay; nadarama nila ang pangangailangang alamin ang lahat ng bagay at lubusang unawain ang lahat ng bagay. Mukhang napakaseryoso nila tungkol sa katotohanan; ang kanilang panlabas na pag-uugali at mga pagsisikap, at ang mga bagay na isinusuko nila sa panlabas ay nagpapahiwatig ng isang matibay na saloobin tungkol sa pananalig at pananampalataya sa Diyos. Gayunman, itanong ninyo ito sa inyong sarili: Pinanghawakan ba ninyo ang mga salita ng Diyos at ang bawat tagubilin Niya? Isinakatuparan na ba ninyo ang lahat ng iyon? Masunurin ba kayo? Kung, sa puso mo, ang palagi mong sagot sa mga tanong na ito ay “hindi” at “hindi pa,”

kung gayon ay ano nga bang klaseng pananampalataya ang mayroon ka? Ano talaga ang pakay mo sa pananampalataya sa Diyos? Ano ba talaga ang napala mo sa iyong pananalig sa Kanya? Karapat-dapat bang siyasatin ang mga bagay na ito? Karapat-dapat bang tuklasin ang mga ito? (Oo.) Nakasalamon kayong lahat; kayo ay moderno at sibilisadong mga tao. Ano ba ang talagang moderno sa inyo? Ano ba ang sibilisado sa inyo? Pinatutunayan ba ng pagiging “moderno” at “sibilisado” na sinusunod mo ang mga salita ng Diyos? Walang kabuluhan ang gayong mga bagay. Sinasabi ng ilang tao, “Mataas ang pinag-aralan ko, at nakapag-aral ako ng teolohiya.” Sinasabi ng ilan, “Nabasa ko na nang ilang beses ang klasikong Bibliya, at nagsasalita ako ng Hebreo.” Sinasabi ng ilan, “Maraming beses na akong nakapunta sa Israel, at personal ko nang nahipo ang krus na binuhat ng Panginoong Jesus.” Sinasabi ng ilan, “Naakyat ko na ang Bundok Ararat at nakita ang mga labi ng arka.” Sinasabi ng ilan, “Nakita ko na ang Diyos,” at “Nadala ako paitaas sa harap ng Diyos.” Ano ang silbi ng lahat ng ito? Walang anumang hinihingi sa iyo ang Diyos na mahirap gawin, basta sumunod ka lamang nang taimtim sa Kanyang mga salita. Kung hindi mo ito kayang gawin, kalimutan mo na ang lahat ng iba pa; mawawalan ng anumang silbi ang anumang sinasabi mo. Alam ninyong lahat ang mga kuwento tungkol kina Noe at Abraham, ngunit walang silbi ang simpleng pagkaalam sa mga kuwentong ito. Naisip na ba ninyo kahit minsan kung ano ang pinakabihira at pinakakapuri-puri sa dalawang lalaking iyon? Gusto ba ninyong maging katulad nila? (Oo.) Gaano ninyo kagusto? Sinasabi ng ilang tao, “Gustong-gusto kong maging katulad nila; iniisip ko ito tuwing ako ay kumakain, nangangarap, gumagawa ng aking tungkulin, nagbabasa ng mga salita ng Diyos, at nag-aaral ng mga himno. Ipinagdasal ko na ito nang napakaraming beses, at nakasulat pa ako ng isang panata. Nawa’y isumpa ako ng Diyos kung hindi ako sumunod sa Kanyang mga salita. Kaya lamang ay hindi ko alam kung kailan ako kinakausap ng Diyos; hindi iyon parang nagsasalita Siya sa akin nang may kulog sa kalangitan.” Ano ang silbi ng lahat ng ito? Ano ang ibig sabihin kapag sinasabi mong, “Gustong-gusto ko”? (Pangangarap lamang ito nang gising; isa lamang itong adhikain.) Ano ang silbi ng isang adhikain? Para iyong isang sugarol na nagpupunta sa casino araw-araw; kahit nawala na sa kanya ang lahat, gusto pa rin niyang magsugal. Kung minsan maaaring iniisip niya, “Isang subok na lang, at pagkatapos ay nangangako ako na titigil na ako at hindi na muling magsusugal.” Gayon din ang iniisip niya kapag nangangarap man siya o kumakain, pero pagkatapos itong isipin, bumabalik pa rin siya sa casino. Tuwing magsusugal siya, sinasabi niya na huli na niya iyon; at tuwing umaalis sila sa casino, sinasabi niya na hindi na siya babalik kailanman—at pagkaraan ng habambuhay na pagsisikap, ang resulta ay hindi pa rin siya makatigil kahit kailan. Katulad ba kayo ng sugarol na iyon? Madalas kayong magpasyang gawin ang mga bagay at pagkatapos ay binabawi ang sariling pasya, natural na sa inyo na linlangin ang Diyos, at hindi ito madaling baguhin.

III. Paglalantad sa Kung Paano Tinatrato ng mga Tao Ngayon ang mga Salita ng Diyos

Ano ang paksa ng mga kuwentong kakasabi Ko lang? (Tungkol sa mga saloobin ukol sa Diyos at kung paano kami makakasunod sa salita ng Diyos at makakapagpasakop sa Diyos kapag may mga bagay na nangyayari.) Ano ang pangunahing aral na itinuro ng dalawang kuwentong ito sa inyo? (Sumunod at magpasakop, at kumilos ayon sa mga hinihingi ng salita ng Diyos.) Mahalaga na matutong sumunod, at isagawa ang pagsunod sa mga salita ng Diyos. Sinasabi mo na ikaw ay tagasunod ng Diyos, na ikaw ay isang nilikha, na ikaw ay isang tao sa mga mata ng Diyos. Gayunman, sa iyong isinasabuhay at sa iyong ipinapamalas, walang tanda ng pagpapasakop o pagsasagawa na ginagawa matapos marinig ang mga salita ng Diyos. Kaya, dapat bang may mga tandang pananong kasunod ng mga katagang “isang nilikha,” “isang taong sumusunod sa Diyos” at “isang tao sa mga mata ng Diyos” kapag inilalapat ang mga ito sa iyo? At sa mga tandang pananong na ito, gaano talaga kalaki ang pag-asa mong maligtas? Walang nakakaalam nito, maliit ang tsansa, at ikaw mismo ay hindi nangangahas na magsabi. Noong nakaraan, isinalaysay Ko ang dalawang klasikong kuwento kung paano sumunod sa mga salita ng Diyos. Sinumang nakabasa na sa Bibliya at sumunod sa Diyos sa loob ng maraming taon ay pamilyar na sa dalawang kuwentong ito. Ngunit sa pagbasa sa mga kuwentong ito, wala pang sinumang nakaunawa ng isa sa pinakamahahalagang katotohanan sa lahat: ang pagsunod sa mga salita ng Diyos. Ngayong narinig na natin ang mga kuwento kung paano sumunod sa mga salita ng Diyos, bumaling tayo sa mga kuwento tungkol sa hindi pagsunod ng mga tao sa mga salita ng Diyos. Dahil nabanggit ang hindi pagsunod sa mga salita ng Diyos, tiyak na mga kuwento ito tungkol sa mga tao sa kasalukuyan. Ang ilan sa sinasabi Ko ay maaaring nakakaasiwang pakinggan, at maaaring makasakit sa inyong pride at pagpapahalaga sa sarili, at makikita na wala kayong integridad at dignidad.

May isang piraso ng lupain na pinataniman Ko ng mga gulay sa ilang tao. Ito ay upang ang mga taong gumagawa ng kanilang tungkulin ay magkaroon ng ilang pagkaing organic, at hindi na kailanganing bumili ng mga gulay na hindi organic na ginamitan ng mga pamatay-pesto. Magandang bagay ito, hindi ba? Sa isang aspekto, lahat ay sama-samang namumuhay, na tulad ng isang malaking pamilya, at lahat ay nagagawang maniwala sa Diyos nang sama-sama, na lumalayo sa mga kalakaran at awayan ng lipunan. Ang paglikha ng gayong kapaligiran ay nagbibigay-daan sa lahat na maging panatag upang tuparin ang kanilang mga tungkulin. Iyan ay kung titingnan ito sa isang mas makitid na pananaw. Mula sa mas malawak na perspektiba, ang pagtanim ng mga gulay na kakainin ng mga gumagawa ng kanilang tungkulin, at ang paggampan ng papel sa pagpapalaganap ng ebanghelyo ng Diyos ay angkop din. Kapag sinasabi Kong, “Magtanim ng ilang gulay para makain ng kalapit na mga taong gumagawa ng kanilang tungkulin,” hindi ba’t napakadaling maunawaan ang mga salitang ito? Nang hingin Ko

sa isang partikular na tao na gawin ito, naunawaan niya, at nagtanim siya ng ilang gulay na karaniwang kinakain. Sa palagay Ko, ang isang bagay tulad ng pagtatanim ng mga gulay ay simple. Magagawa ito ng lahat ng ordinaryong tao. Hindi ito kasinghirap ng pangangaral ng ebanghelyo o ng iba't ibang aytem ng gawain ng iglesia. Kaya hindi Ko ito gaanong pinansin. Pagkaraan ng ilang panahon, nagpunta Ako roon at nakita Ko na kumakain silang lahat ng mga gulay na sila mismo ang nagtanim, at narinig Ko na kung minsan ay may kaunting natitira, na ipinakain nila sa mga manok. Sabi Ko, "Itinanim ninyo ang lahat ng gulay na iyon, at nagkaroon kayo ng magandang ani. Nagpapadala ba kayo ng mga gulay sa mga iglesia? Nakakain ba ng mga tao sa ibang mga iglesia ang gulay na itinanim natin?" Sinabi ng ilang tao na hindi nila alam. Sinabi ng ilan na bumibili ang mga tao sa ibang mga lugar ng kanilang sariling mga gulay, at hindi nila kinain ang mga nanggaling dito. Iba't iba ang sinabi ng bawat isa. Walang sinumang nagmalasakit dito; basta't may gulay silang makakain, pakiramdam nila ay walang problema. Hindi ba't kasuklam-suklam ito? Pagkatapos ay sinabi Ko sa taong namamahala, "Ganap na makatwiran na kainin ninyo ang itinanim ninyo, ngunit kailangan din namang kumain ang ibang mga tao. Tama ba na napakarami ninyong itinanim at hindi ninyo makain ang lahat ng iyon, samantalang kailangan pa ring bilhin ng mga tao sa ibang lugar ang kanilang mga gulay? Hindi ba sinabi Ko sa iyo na ang mga gulay na ito ay hindi itinanim para lamang kainin ninyo—kailangan din ninyong ipadala ang mga ito sa iba pang kalapit na mga iglesia?" Palagay ba ninyo ay kailangan Ko pa silang patuloy na sabihan kung ano ang gagawin at kailangan Ko pang magbigay ng malilina na panuntunan pagdating sa maliit na usaping ito? Kailangan Ko pa bang gawing isang malaking isyu ito, na tinatawag ang lahat na magtipon at magdaos ng isang sermon? (Hindi.) Palagay Ko rin, hindi na. Posible ba na walang ganito kaliit na konsiderasyon ang mga tao? Kung ganoon nga, hindi sila matatawag na tao. Kaya sinabi Kong muli sa taong iyon, "Bilisan mo at ipadala mo ang mga iyon sa iba pang mga iglesia. Humayo ka at gawin mo iyon." "Sige," sabi niya, "Titingnan ko." Ito ang kanyang saloobin. Pagkalipas ng ilang panahon, muli Akong nagpunta roon, at nakita Ko ang napakalawak na taniman ng mga gulay sa bukid, lahat ng uri ng gulay na maiisip mo. Tinanong Ko ang mga taong nagtanim ng mga iyon kung marami ang inani nila. Sinabi nila na napakarami kaya hindi nila kayang kainin ang lahat ng iyon, at nabulok na ang ilan. Mulí Kong itinanong kung nagpadala na sila ng anuman sa kalapit na mga iglesia. Sumagot sila na hindi nila alam, o na hindi sila sigurado. Sinabi nila ito sa isang napakalabo at pabasta-bastang paraan. Malinaw na walang sumeryoso sa usaping ito. Hangga't may pagkain silang makakain, wala silang pakialam sa iba. Mulí, hinanap Ko ang taong namamahala. Tinanong Ko siya kung nagpadala ba sila ng anumang mga gulay. Sinabi niya na nagpadala raw sila. Tinanong Ko kung naging maayos ba ang pagpapadala. Sinabi niya na naipadala na nila. Sa puntong ito, sa palagay ba ninyo ay may naging problema? Hindi tama ang saloobin ng mga taong ito. Wala silang saloobin ng katapatan at responsabilidad nang ginawa nila ang kanilang tungkulin, na kasuklam-suklam—ngunit mas kasuklam-suklam pa ang darating. Kalaunan, tinanong

Ko ang mga kapatid sa kalapit na mga iglesia kung natanggap ba nila ang ipinadalang mga gulay. “Ipinadala ang mga iyon,” sagot nila, “ngunit mas masahol ang kalagayan ng mga iyon kaysa sa mga gulay na makikita mong itinatapon sa lupa sa palengke. Puro lamang bulok na mga dahon na may halong buhangin at graba. Hindi nakakain ang mga iyon.” Ano ang pakiramdam ninyo nang marinig ninyo ito? May poot ba sa puso ninyo? Galit na galit ba kayo? (Oo.) At kung galit kayong lahat, sa palagay ba ninyo ay magagalit Ako? Labag sa loob na nagpadala sila ng ilang gulay, ngunit hindi maayos ang trabaho nila. At sino ang dahilan ng hindi magandang paggampan na ito? May isang masamang tao sa lugar na iyon, na pumigil na maipadala ang mga gulay. Ano ang sinabi niya matapos Kong iutos na magpadala ng mga gulay? “Dahil sinasabihan mo akong gawin ito, magtitipon ako ng ilang bulok na dahon at mga gulay na ayaw naming kainin para ipadala sa kanila. Maituturing namang pagpapadala iyon, hindi ba?” Nang malaman Ko ito, iniutos Kong itapon palabas ang demonikong basurang ito. Anong klaseng lugar ito, na nangahas siyang kumilos na parang tirano rito? Ito ang sambahayan ng Diyos. Hindi ito ang lipunan, at hindi ito isang malayang pamilihan. Kung magwawala ka at kikilos na parang isang tirano rito, hindi ka tanggap dito, at hindi Ko matitiis na narito ka sa harap Ko mismo, lumayas ka dali! Magpakalayo-layo ka sa Akin, bumalik ka sa pinanggalingan mo! Sa palagay ba ninyo ay tamang pangasiwaan Ko ito nang ganito? (Oo.) Bakit? (Ang ganitong uri ng tao ay labis na walang pagkatao.) Bakit may ilang taong walang pagkatao na hindi pa pinapaalis? May ilang taong walang konsensiya o katwiran, at hindi hinahangad ang katotohanan, pero hindi sila gumagawa ng masasamang bagay, hindi nila ginugulo ang gawain ng iglesia, hindi nila iniimpluwensiyahan ang paggampan ng mga tungkulin ng ibang tao, o iniimpluwensiyahan ang buhay iglesia. Sa ngayon, dapat panatilihin ang ganitong uri ng tao para magserbisyo, pero kapag gumawa sila ng kasamaan at nagdulot ng mga pagkagambala at kaguluhan, hindi pa huli na palayasin sila. Kaya bakit kailangan Kong itapon ang isang piraso ng basurang ito? Gusto niyang kumilos bilang isang tirano at magdikta sa sambahayan ng Diyos. Naapektuhan niya ang normal na buhay ng mga kapatid, at naapektuhan ang gawain ng sambahayan ng Diyos. Sinabi ng ilang tao na napakamakasarili niya, napakatamad, na ginawa niya ang kanyang tungkulin nang pabasta-basta. Gayon ba ang nangyari? Gusto niyang makipagtagisan laban sa lahat ng kapatid, laban sa lahat ng gumagawa ng tungkulin, at laban sa Diyos. Gusto niyang maghari sa sambahayan ng Diyos. Gusto niyang siya ang magdikta sa sambahayan ng Diyos. Kung gusto niyang siya ang magdikta, dapat ay gumawa siya ng mabuti. Ngunit wala siyang ginawang anumang mabuti. Lahat ng kanyang ginawa ay nakapinsala sa mga interes ng sambahayan ng Diyos at nakasakit sa hinirang na mga tao ng Diyos. Maaari ba kayong magparaya sa taong katulad nito? (Hindi.) At kung hindi ito magawa ng sinuman sa inyo, sa palagay ba ninyo ay kaya Kong gawin iyon? May mga tao ngayon na hindi pa rin masaya tungkol sa katunayan na pinaalis ang masamang taong iyon. Hindi nila siya makilatis, at lumalaban pa rin sila sa Akin sa kanilang isipan. May mga tao ngayon na, kapag nabanggit ang taong iyon, hindi

pa rin iniisip na angkop Kong pinangasiwaan ang bagay na ito, na iniisip na ang sambahayan ng Diyos ay hindi matuwid. Anong klase ng grupo ito? Alam ba ninyo kung paano pinutol ng taong ito ang petsay na itinanim nila? Karaniwan, bubunutin ninyo ang buong tangkay para kainin, hindi ba? Basta na lamang ba pinuputol ng sinuman ang mga dahon? (Hindi.) Buweno, hindi pinayagan ng kakaibang lalaking ito na bunutin ng iba ang buong halaman mula sa tangkay nito; sinabihan niya sila na basta putulin ang mga dahon. Ito ang unang pagkakataon na nakakita Ako ng ganoon. Sa palagay ninyo, bakit kaya niya ginawa ito? Bakit hindi niya pinayagan ang iba na bunutin ang buong halaman? Dahil kung binunot nila ang buong halaman, mawawalan ng laman ang bukid, at kakailanganing bungkalin at tanimang muli. Para makaiwas sa abala, pinaputol niya sa iba ang mga dahon. Nang ipagawa niya ito sa mga tao, walang nangahas na sumalungat sa kanya. Para silang mga alipin niya—ginawa nila ang lahat ng sinabi niya. Siya ang nagpasya roon. Kaya sa palagay ba ninyo magiging katanggap-tanggap na hindi siya paalisin? (Hindi.) Kapinsalaan ang tulutan ang ganitong tao na manatili. Kapag nagpapakita siya ng kabutihan paminsan-minsan, iyon ay dahil walang kinalaman iyon sa sarili niyang mga interes. Tingnan ninyong mabuti ang lahat ng ginagawa niya: Wala ni isang bagay siyang ginagawa na hindi nakakagulo at nakakasira sa mga interes ng iba, wala ni isang bagay na hindi nakakapinsala sa mga interes ng sambahayan ng Diyos. Ang taong ito ay ipinanganak na demonyo, kinakalaban niya ang Diyos, at siya ay isang anticristo. Mapapayagan bang manatili ang gayong tao sa sambahayan ng Diyos? Nararapat ba siyang gumawa ng isang tungkulin? (Hindi.) At sinusubukan pa rin ng ilang tao na ipagtanggol ang isang taong katulad nito. Gaano ba kagulo ang isip nila? Hindi ba't kasuklam-suklam ito? Sinisikap mo bang ipakita na mayroon kang pagmamahal? Kung mayroon kang pagmamahal, tustusan mo siya; kung mayroon kang pagmamahal, hayaan mong pinsalain ka niya—ngunit huwag mo siyang hayaang pinsalain ang mga interes ng sambahayan ng Diyos! Kung mayroon kang pagmamahal, kapag siya ay inalis, sumama ka sa kanya—ano ang ginagawa mo at nakatambay ka pa rito? Masunurin at mapagpasakop ba ang mga taong ito? (Hindi.) Ipinanganak silang isang pangkat ng mga demonyo. Sinuway ng taong iyon ang lahat ng sinabi Ko. Kung sinabi Kong kanluran, pupunta siya sa silangan, at kung sinabi Kong silangan, pupunta siya sa kanluran. Nagpilit siyang kontrahin Ako sa lahat ng bagay. Bakit ba napakahirap para sa kanya na sundin Ako nang kahit kaunti? Mapagkakaitan ba siya ng kanyang kabahagi sa paghingi Ko sa kanya na magpadala ng mga gulay sa ibang mga kapatid? Pinagkakaitan Ko ba siya ng karapatang kumain ng mga gulay na ito? (Hindi.) Kung gayon ay bakit hindi niya ipinadala ang mga iyon? Hindi naman kailangang siya mismo ang magbuhat ng mga iyon, hindi niya kailangang magpakapagod. Ngunit hindi lamang niya hindi binigyan ang iba ng mga sariwang gulay, mga bulok pa ang ibinigay niya sa kanila. Gaano siya kasama para magawa niya ito? Maituturing ba siyang isang tao? Sinabi Ko sa kanya na magpadala ng mga gulay, hindi ng basura. Isang bagay na napakasimple, napakadali, igagalaw lamang niya ang kanyang mga braso, subalit ni

hindi niya iyon magawa. Tao ba ito? Kung kahit ang isang bagay na tulad nito ay hindi mo magawa, paano mo pa masasabi na nagpapasakop ka sa Diyos? Nakikipagsuwagan ka, nakikipaglaban, subalit pinipilit mo pa ring maging palamunin sa sambahayan ng Diyos. Maaari bang mangyari iyon? Kahit ngayon, mayroong mga tao na hindi pa nakakalimot: “Minsan mo nang sinaktan ang damdamin namin. Minsan mo nang pinalayas ang ilan sa amin, ngunit hindi kami sang-ayon; gusto naming manatili sila, ngunit ayaw mo silang bigyan ng pagkakataon. Ikaw ba ay isang matuwid na diyos?” Sa palagay ba ninyo ay sasabihin ng mga demonyo kahit kailan na matuwid ang Diyos? (Hindi kailanman.) Maaaring sabihin ng kanilang bibig na matuwid ang Diyos, ngunit kapag kumilos ang Diyos, hindi maganda ang dating sa kanila niyon; hindi nila magawang purihin ang pagiging matuwid ng Diyos. Ang mga ito ay mga demonyo at mga mapagpaimbabaw.

Ano ang ipinapakita kahit ng isang maliit na bagay na tulad ng pagpapadala ng mga gulay? Madali ba para sa mga tao na magpasakop sa Diyos at sundin ang mga salita ng Diyos? (Hindi.) Kumakain ang mga tao ng pagkaing inilaan ng Diyos, nakatira sila sa mga bahay na ibinigay ng Diyos, gumagamit sila ng mga gamit na ibinigay ng Diyos, pero kapag hiniling ng Diyos na ibahagi nila ang sobra nilang gulay sa iba, sila ba ay mapagpasakop? Maaari bang matupad ang mga salitang ito sa kanila? Sa mga tao, maaari. Maaaring isagawa ang mga ito. Ngunit sa mga demonyo, mga Satanas at mga anticristo, hindi kailanman matutupad ang mga ito. Naisip ng taong iyon sa kanyang sarili, “Kung ipadala ko ang mga gulay na ito, maaalala ba ng sinuman ang mabuting gawa kong ito? Kung kainin ng iba ang mga gulay na ito at sabihin nila na biyaya ito ng diyos, na ipinagawa sa akin ito ng diyos, kung magpasalamat silang lahat sa diyos, sino ang magpapasalamat sa akin? Ako ang bayani sa likod ng lahat, ako ang nagpakapagod. Ako ang nagtanim ng mga gulay. Dapat mo akong pasalamatan. At kung hindi, kung hindi mo alam na ako ang gumawa nito, nangangarap ka lang kung inaakala mong makakain mo ang mga gulay na itinanim ko!” Hindi ba’t ito ang naisip niya? At hindi ba’t masama ito? Napakasama nito! Paano maisasagawa ng isang masamang tao ang katotohanan at masusunod ang mga salita ng Diyos? Ang taong ito ay ipinanganak na isang demonyo at isang Satanas. Sinasalungat niya ang Diyos, nilalaban niya ang katotohanan, at hinahamak niya ang katotohanan. Hindi niya kayang sumunod sa mga salita ng Diyos, kaya kailangan pa ba niyang sundin ang mga ito? Hindi. Kaya paano nararapat na pangasiwaan ang gayong bagay? Palayasin siya, at humanap ng isang taong kayang sumunod upang pumalit sa kanya. Ganoon lang, ganoon kasimple. Angkop ba o hindi ang pangangasiwa sa mga bagay sa ganitong paraan? (Angkop ito.) Palagay Ko rin. Kung hindi siya aalis, magiging sanhi siya ng gulo, at makakapinsala sa iba pa. Sinasabi ng ilang tao, “Hindi Ka ba nasisiyahan dahil hindi siya sumunod sa Iyong mga salita? Ang ginawa lamang niya ay sumuway sa Iyo—malubha ba iyon? Pinalayas Mo siya dahil sa isang napakaliit na bagay, ngunit wala talaga siyang ginawang masama. Nagpadala lamang siya ng ilang bulok na gulay, at may ilang pagkakataon na wala siyang ipinadalang anuman at hindi siya sumunod sa Iyo. Maliit na bagay lamang ito, hindi ba?”

Gayon ba ang nangyari? (Hindi.) Ano sa palagay ninyo ang tingin Ko rito? Ni hindi siya makasunod kahit sa isang napakasimpleng bagay, pero sinubukan niyang hadlangan ang mga bagay sa isang hindi makatwirang paraan dito. Sambahayan ito ng Diyos, walang anuman dito ang pag-aari niya. Bawat dahon ng damo, bawat puno, bawat burol, bawat anyong tubig dito—wala siyang awtoridad na kontrolin o magdikta sa alinman sa mga ito. Sinubukan niyang magdikta, na hadlangan ang mga bagay sa isang hindi makatwirang paraan. Ano ba siya? Walang kukunin o gagamitin sa alinman sa pag-aari niya, ni wala ring ilalabas sa kahit anong pag-aari niya; ang hinihiling lang sa kanya ay gumawa ng napakasimpleng gawain at tuparin ang mga responsabilidad na dapat niyang gawin, ngunit hindi man lang niya magawa iyon. Dahil hindi niya magawa iyon, hindi Ko siya kinikilala bilang isang mananampalataya, at kinailangan niyang umalis sa sambahayan ng Diyos, kinailangan siyang paalisin! Makatwiran ba ang ginawa Ko? (Oo.) Ito ang mga atas administratibo ng sambahayan ng Diyos. Kung may makita Akong gayong masamang tao na gumagawa ng masama at hindi Ko siya pinaalis, kung hindi Ako nagpahayag ng anumang saloobin sa kanila, ilang tao sa palagay ninyo ang mapipinsala? Hindi ba ito magdudulot ng kaguluhan sa sambahayan ng Diyos? At hindi ba magiging hungkag na mga salita ang mga atas administratibo ng sambahayan ng Diyos? Kaya, ano ang nakasaad sa mga atas administratibo ng sambahayan ng Diyos patungkol sa mga anticristo at masasamang demonyo na masuwayin, nagdudulot ng mga panggugulo, humahadlang sa mga bagay nang wala sa katwiran, at kumikilos nang walang kahihiyan? Paalisin sila at patalsikin mula sa sambahayan ng Diyos. Alisin sila mula sa mga hanay ng mga kapatid. Hindi sila maituturing na miyembro ng sambahayan ng Diyos. Ano ang palagay ninyo sa pangangasiwa sa kanila nang ganito? Kapag naalis na ang mga ganitong uri ng tao, magpapatuloy na nang maayos ang lahat ng gawain. Ang mga demonyo at mga Satanas ay naghahangad na samantalahin kahit ang isang bagay na kasingliit ng pagkain ng mga gulay. Kahit sa bagay na ito, sinisikap nilang sila ang magpasya, at gawin ang gusto nila. Lahat ng napag-usapan natin ay isang maliit na bagay, ngunit magkagayon man, tinatalakay nito ang pinakasaligan sa lahat ng katotohanan. Ang pinakasaligan sa lahat ng katotohanan ay ang sumunod sa mga salita ng Diyos. Ano ang disposisyon ng mga taong ni hindi magawa iyon? Mayroon ba silang konsensiya at katwiran ng mga normal na tao? Wala talaga. Ito ang mga taong walang pagkatao.

Bukod sa mga gulay, kailangan ding kumain ng karne at itlog ang mga tao sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Kaya sinabihan Ko ang ilang tao na mag-alaga ng ilang manok, at pakainin ang mga manok na ito ng butil, gulay at iba pang katulad nito. Dapat ay malayang nakakagala ang mga ito. Sa gayong paraan, mas magaganda ang ipangingitlog ng mga ito kaysa sa mga ibinebenta sa mga palengke. Ang karne rin mismo ng manok ay magiging organic; kahit papaano, hindi ito magkakaroon ng anumang mga hormone, at hindi makakapinsala sa mga tao kapag kinain nila iyon. Maaaring hindi mangitlog nang marami o masyadong magkalaman ang mga manok, ngunit garantisado ang kalidad ng mga ito. Nauunawaan mo ba ang ibig Kong sabihin dito? (Oo.) Kung

gayon ay sabihin mo sa Akin, ilang impormasyon ang nilalaman ng kasasabi Ko lang? Una, ang pag-aalaga ng mga manok sa ganitong paraan ay magbibigay sa atin ng ilang organic na itlog na makakain. Gaano man karami ang itlog na maaari nating kainin, kahit papaano ay hindi tayo kakain ng mga itlog na may mga antibiotic. Iyon ang kinakailangan sa mga itlog. Pangalawa, ang kinakailangan sa karne ay na wala itong mga hormone, para hindi mag-aalinlangan ang mga tao na kainin iyon. Kalabisan bang hilingin ang alinman sa dalawang ito? (Hindi.) Ang mga kahilingang inilatag Ko ay hindi lamang hindi labis, kundi praktikal din, hindi ba? (Oo.) Kalaunan, binili at pinakain ang mga sisiw. Gayunman, nang magsimula silang mangitlog, kinain namin ang mga itlog; may kaunting lasa ng mga antibiotic, tulad ng mga itlog na binibili sa supermarket. Pinag-isipan Ko ito nang kaunti: Binibigyan kaya nila ang mga iyon ng patukang may mga antibiotic? Kalaunan, tinanong Ko ang mga taong nag-aalaga sa mga manok kung anong patuka ang kinakain ng mga manok, at sabi nila ay pulbos ng buto. “Hindi natin kailangang paitlugin ang mga manok nang maaga. Pakainin ang mga ito gamit ang normal na pamamaraang organic at dapat ay malayang nakakagala ang mga ito. Hayaan silang mangitlog nang normal,” sabi Ko. “Hindi natin inaalagaan ang mga ito para makakuha ng maraming itlog, kundi para makakain tayo ng mga itlog na organic. Ito lamang ang hinihingi.” Ano ang ibig Kong sabihin nang sabihin Ko ito? Sinasabi Ko sa kanila na huwag pakainin ng anuman na may antibiotic ang mga manok, hormone at anumang katulad nito. Kailangang bigyan ang mga manok ng patuka na iba sa kinakain ng mga manok sa ibang lugar. Sa ibang lugar, husto na sa laki ang mga manok pagkaraan lamang ng tatlong buwan, araw-araw nangingitlog ang mga ito, at ginagamit ang mga ito bilang mga makinang nangingitlog hanggang sa araw na kakatayin na ang mga ito. Nakakapagbigay ba ito ng magagandang itlog? At malinamnam ba ang karne? (Hindi.) Hiniling Ko na dapat malayang nakakagala ang mga manok, na hayaang manginain ang mga iyon sa labas, nang kumakain ng mga insekto at damo, at pagkatapos ay pakainin ng ilang cereal, butil at anumang katulad nito. Bagama’t mas kaunti ang magiging itlog ng mga manok, magiging mas maganda naman ang kalidad nito; makakabuti ito para sa mga manok at sa mga tao. Madali bang gawin ang hiniling Ko? (Oo.) At madali ba itong maunawaan? Mayroon bang mahirap sundin sa sinabi Ko? (Madali itong maunawaan. Hindi ito mahirap.) Wala Akong naramdamang anumang hirap. Madali ito. Wala Akong hiniling na anuman tungkol sa dami ng itlog na ilalabas, sa kalidad lamang ng mga ito. Mauunawaan ito ng mga taong may normal na katwiran at normal na pag-iisip sa sandaling marinig nila ito. Madarama nila na ito ay simple, na magagawa ito, at hindi maglalaon ay maisasagawa na nila ito. Ang tawag dito ay pagiging masunurin. Ito ba ang ginawa ng mga taong nag-aalaga sa mga manok? Nakaya ba nilang gawin ito? Ang magawa ito ay nangangahulugan ng pagtataglay ng katwiran ng normal na pagkatao. Kapag hindi nila ito nagawa, ibig sabihin ay may problema. Hindi nagtagal matapos Kong sabihin ito, lumamig ang panahon. Batay sa mga normal na batas ng kalikasan, hindi na mangingitlog ang mga manok dahil dito. Ngunit may isang bagay na

malinaw na nakapagpapahiwatig: Nang mas lumamig ang panahon, hindi nabawasan ang iniitlog ng mga manok, mas dumami ang iniitlog ng mga ito. May mga itlog na makakain araw-araw, ngunit hindi kasingdilaw ng dati ang mga pula ng itlog, at tumigas nang tumigas ang puti. Nabawasan nang nabawasan ang linamnam ng mga itlog. Ano ang nangyayari? Sinabi Ko: “Ano ba ang nangyayari? Ang hirap na ngang makaraos ng mga manok na ito sa taglamig, bakit mo pa pinipilit na mangitlog ang mga ito para sa mga tao sa ngayon? Medyo malupit iyon!” Nang magpunta Ako at magtanong kalaunan, natuklasan Ko na binibigyan pa rin ang mga manok ng patuka na binili sa ibang lugar—ng patukang naggarantiya na patuloy silang mangingitlog kahit pa tagsibol, tag-init, taglagas o taglamig. “Karaniwan ay hindi nangingitlog ang mga manok sa panahong ito. Maaari naman tayong hindi kumain ng mga itlog. Patuloy lamang ninyong alagaan ang mga ito. Pagdating ng tagsibol, magsisimula muling mangitlog ang mga ito, at magiging maganda ang kalidad ng mga itlog na ito,” sabi Ko. “Huwag kang maging matakaw. Hindi kita inutusan na patuloy na paitlugin ang mga ito, ni hindi kita inutusan na magbigay pa rin ng mga itlog sa taglamig. Yamang hindi kita inutusang gawin ito, bakit mo patuloy na pinapakain ang mga ito ng patukang iyon na binili mo? Bawal mo na silang pakainin niyon ulit.” Malinaw ba ang sinabi Ko? Una, hindi Ko hiningi na talagang kailangang may mga itlog na makakain anuman ang panahon. Pangalawa, sinabi Ko sa kanila na huwag bigyan ang mga manok ng patukang iyon, na huwag pabilisin ang proseso ng pangingitlog. Mahirap bang makamit ang maliit na kahilingang ito? (Hindi.) Ngunit ang resulta ay, makalipas ang ilang panahon kumain Ako ng ilang itlog na muling inilog ng ating mga manok. Sinabi Ko sa Sarili Ko: Gulong-gulo ang isip ng mga taong ito, bakit hindi sila sumunod sa sinabi Ko? Nangingitlog pa rin ang mga manok, kaya siguradong hindi pa nila binago ang patuka—ito ang nangyayari.

Ano ang makikilatis ninyo sa nangyari sa pag-aalaga ng mga manok? (Na hindi nagpapasakop o sumusunod ang mga tao sa mga salita ng Diyos.) Sinabi ng ilang tao, “Pagsunod sa mga salita ng diyos—ang ibig sabihin niyan ay pagsunod sa kalooban ng diyos. Dapat kaming sumunod pagdating sa mga bagay na dakila at matayog, iyon ang mga bagay na ukol sa kalooban ng diyos, sa pagsasagawa ng gawain ng diyos, at sa kanyang malaking gawain. Lahat ng sinasabi mo ay nauugnay sa maliliit na bagay sa pang-araw-araw na buhay, na walang kinalaman sa pagsunod sa kalooban ng diyos—kaya hindi namin kailangang gawin ang sinasabi mo. Ang sinasabi mo ay walang kaugnayan sa aming tungkulin, ni sa aming pagpapasakop at pagsunod sa mga salita ng diyos, kaya may katwiran kaming salungatin ka, sa pagpili kung susunod kami o hindi. Bukod pa ryan, ano ang alam mo tungkol sa normal na buhay ng tao, sa mga usapin ng pamilya? Hindi mo ito nauunawaan kaya wala kang karapatang magsalita. Huwag mo kaming pagsabihan ng kung ano-anong bagay—hindi namin kailangang sumunod sa iyo sa bagay na ito.” Hindi ba’t ito ang iniisip nila? At tama bang mag-isip ng gayon? (Hindi.) Nasaan ang mali? (Ang pagsunod sa kalooban ng Diyos ay hindi namimili kung ang mga bagay ay malaki o maliit. Basta’t ang mga ito ay mga salita ng Diyos, dapat sumunod

ang mga tao, at dapat silang magpasakop sa mga iyon at isagawa ang mga iyon.) Sabi ng ilang tao, “Sinusunod ko ang mga salita ng diyos na siyang katotohanan. Hindi ko kailangang sundin ang mga salita na hindi ang katotohanan. Nagpapasakop lamang ako sa katotohanan. Ang ibig sabihin ng ‘pagsunod sa daan ng diyos’ ay pagsunod, pagtalima, at pagpapasakop sa bahaging iyon ng mga salitang nagmumula sa bibig ng diyos na katotohanan. Ang mga salitang nauukol sa buhay ng mga tao, at walang kaugnayan sa katotohanan, ay maaaring balewalain.” Tama ba ang gayong pagkaunawa? (Hindi.) Kaya paano ninyo itinuturing ang katotohanan, at ang mga salita ng Diyos? Hindi ba’t pinag-iba nila ang mga salita ng Diyos at ang katotohanan? At hindi ba’t ginawa nitong palamuti lamang ang katotohanan? Hindi ba’t itinuring nila ang katotohanan bilang napakahungkag? Ang paglikha ng Diyos ng lahat ng bagay, ang mga hugis at kulay ng mga dahon sa mga puno, ang mga hugis at kulay ng mga bulaklak, ang pag-iral at pagpaparami ng lahat ng bagay—may anumang kinalaman ba ang lahat ng ito sa katotohanan? May kinalaman ba ito sa kaligtasan ng tao? Konektado ba ang istruktura ng katawan ng tao sa katotohanan? Wala ni isa rito ang konektado sa katotohanan, ngunit lahat ng ito ay nagmumula sa Diyos. Kung walang kinalaman ang alinman dito sa katotohanan, hindi mo ba maaamin na tama ang mga ito? Maaari mo bang itanggi na tama ang mga ito? Maaari mo bang sirain ang mga batas ng paglikha ng Diyos ayon sa iyong kagustuhan? (Hindi.) Kaya ano ang dapat mong maging saloobin? Kailangan mong tumalima sa mga batas nito. Kapag may mga bagay kang hindi nauunawaan, tamang magtiwala sa mga salitang nagmula sa bibig ng Diyos. Hindi mo kailangan pag-aralan ang mga ito, o subukang unawain nang napakalalim ang mga ito—kailangan mo lamang na huwag labagin ang mga batas na ito. Ito ang ibig sabihin ng magtiwala at magpasakop. Pagdating sa mga gawi, sentido komun, at mga panuntunan ng pang-araw-araw na buhay, at iba pa, na hinihingi ng Diyos sa pang-araw-araw na buhay, na walang kaugnayan sa kaligtasan ng tao, bagama’t maaaring ang mga ito ay hindi kapareho ng antas o grado ng katotohanan, positibong bagay ang lahat ng ito. Lahat ng positibong bagay ay nagmumula sa Diyos, kaya’t dapat tanggapin ng mga tao ang mga ito—tama ang mga salitang ito. Dagdag pa ryan, dahil mga tao sila, anong katwiran at konsensiya ang dapat matagpuan sa kanila? Ang una ay dapat matutunan nila kung paano sumunod. Sumunod sa mga salita nino? Sumunod sa salita ng mga diyablo at ni Satanas? Sumunod sa mga salita ng mga tao? Sumunod sa mga salita ng mga dakilang tao, mga namumukod-tanging tao? Sumunod sa mga salita ng mga anticristo? Wala sa mga ito. Dapat silang sumunod sa mga salita ng Diyos. Ano ang mga prinsipyo at partikular na mga pagsasagawa ng pagsunod sa mga salita ng Diyos? Hindi mo na kailangang suriin kung tama ba ang mga ito o mali, at hindi mo na kailangang itanong kung bakit. Hindi mo kailangang maghintay hanggang sa maunawaan mo ang mga ito bago mo isagawa ang mga ito. Sa halip, dapat ka munang makinig, magsakatuparan, magsagawa, at sumunod, na siyang dapat mo ring maging unang saloobin. Saka ka lamang magiging isang nilikha, at isang akma at angkop na tao. Kung hindi mo kayang gawin kahit ang pinakasaligan na mga pamantayang ito ng

pagiging isang tao, at hindi ka kinikilala ng Diyos bilang tao, magagawa mo pa bang lumapit sa Kanya? Karapat-dapat ka bang makarinig sa mga salita ng Diyos? Karapat-dapat ka bang makarinig sa katotohanan? Karapat-dapat ka ba sa kaligtasan? Hindi ka kalipikado sa alinman sa mga bagay na ito.

Sumunod at nagpasakop ba ang mga taong kakabanggit Ko lang na may kinalaman sa mga manok at itlog? (Hindi.) Ano ang naging trato nila sa mga salita ng Diyos? Parang hangin lang sa kanilang tainga, at sa isipan nila ay mayroon silang partikular na pananaw: “Sabihin mo kung ano ang dapat mong sabihin, at gagawin ko kung ano ang dapat kong gawin. Wala akong pakialam sa mga hinihingi mo! Sapat nang binibigyan kita ng makakaing mga itlog—sinong may pakialam kung anong mga itlog ang kinakain mo. Gusto mong kumain ng mga organikong itlog? Huwag ka nang umasa. Mangarap ka na lang! Hiniling mo sa akin na mag-alaga ng mga manok, at ganito ko inaalagaan ang mga ito, pero nagdadagdag ka pa ng mga sarili mong hinihingi—may karapatan ka bang magsalita tungkol dito?” Ito ba ang mga taong sumusunod at nagpapasakop? (Hindi.) Ano ang sinusubukan nilang gawin? Gusto nilang maghimagsik! Ang sambahayan ng Diyos ay isang lugar kung saan nagsasalita at gumagawa ang Diyos, at isang lugar kung saan naghahari ang katotohanan—kung, kapag may direktang sinabi ang Diyos sa kanila, hindi sumunod ang mga taong ito, hindi nagpasakop, maisasagawa ba nila ang salita ng Diyos nang palihim? Mas lalong malabo iyon! Mula sa malabo hanggang sa mas lalong malabo: batay sa dalawang bagay na ito, ang Diyos ba ang Diyos nila? (Hindi.) Kaya sino ang diyos nila? (Sarili nila.) Tama—itinuturing nila ang sarili nila bilang diyos, naniniwala sila sa sarili nila. Kung gayon, ano pa ang ginagawa nila rito? Dahil sila ang sarili nilang diyos, bakit pa nila ipinangangalandakang nananampalataya sila sa Diyos? Hindi ba niloloko nila ang ibang tao? Hindi ba niloloko nila ang sarili nila? Kung ganito ang saloobin ng gayong mga tao sa Diyos, kaya ba nilang sumunod? (Talagang hindi.) Kahit na sa isang napakasimpleng bagay, hindi sila makasunod sa salita ng Diyos o makapagpasakop sa Diyos, walang epekto sa kanila ang mga salita ng Diyos, at hindi nila tinatanggap ang mga ito at hindi sila makapagpasakop sa mga ito. Maliligtas ba ang mga gayong tao? (Hindi.) Gaano sila kalayo sa kaligtasan? Napakalayo, ni hindi man lamang malapit! Sa kalooban, handa bang iligtas ng Diyos ang mga hindi sumusunod sa Kanyang mga salita, ang mga kumakalaban sa Kanya? Talagang hindi. Kahit ang mga tao, kung susukatin ito batay sa sarili nilang mga kaisipan, ay hindi magiging handang gawin ito. Kung kakalabanin ka ng mga ganitong diyablo at Satanas, para makipagtagisan sa iyo sa lahat ng aspekto, ililigtas mo ba sila? Imposible. Walang sinumang gustong iligtas ang mga gayong tao. Walang sinumang gustong makipagkaibigan sa gayong mga tao. Patungkol sa pag-aalaga ng mga manok—isang napakaliit na bagay—nalantad ang kalikasan ng mga tao; sa isang napakaliit na bagay, hindi kayang sumunod ng mga tao sa sinabi Ko. Hindi ba’t malubhang problema ito?

Susunod ay pag-usapan natin ang isang bagay na may kinalaman sa mga tupa. Siyempre, may kaugnayan pa rin ito sa mga tao. Sumapit ang tagsibol. Mainit ang panahon

at namumukadkad na ang mga bulaklak. Yumabong ang mga halaman, luntian ang damo. Lahat ay nagsisimulang magningning sa buhay. Ang mga tupa ay kumain ng dayami sa buong taglamig, at ayaw na nilang kainin ito, kaya inaasam ng mga ito ang panahon na maging luntian ang damo at makakain na ang mga ito ng sariwang damo. Nagkataon na ito rin ang panahon kung kailan ipinanganak ng mga babaeng tupa ang mga kordero, na nangangahulugan na mas lalong kailangan nilang kumain ng luntiang damo. Kung mas mataas ang kalidad ng damo, at mas marami nito, mas maraming gatas ang magagawa nila, at mas mabilis na lalaki ang mga kordero; masisiyahan din ang mga tao na makita ito, ito ay isang bagay na dapat asamin: isang maganda at matabang korderong makakain pagsapit ng taglagas. At dahil may inaasam na isang bagay ang mga tao, dapat ba silang humanap ng mga paraan para mabigyan ng mas maraming magandang damong makakain ang mga kordero, para mapakain ang mga ito upang maging malalakas at matataba ang mga ito? Hindi ba't dapat pinagbulay-bulayan nila, "Hindi maganda ang damo sa parang sa panahong ito. Babagal ang paglaki ng mga kordero kung kakainin ang mga ito. Saan kaya may magandang damo?" Hindi ba't dapat silang gumawa ng kaunting pagsisikap dito? Ngunit sino ang nakakaalam kung ano ang iniisip ng taong nag-aalaga sa mga tupa. Isang araw, dinalaw Ko ang mga tupa. Nakita Ko na maayos ang lagay ng mga kordero, at napapatalon sa tuwa ang mga ito kapag nakakakita ng mga tao, ipinapatong ang mga harapang paa ng mga ito sa mga binti ng tao para umabot pataas, nais makipag-usap sa mga tao. May mga sungay na ang ilang kordero, kaya hinawakan Ko ang maliliit na sungay at nakipaglaro sa mga ito. Maayos ang lagay ng mga korderong iyon, pero labis na payat at nanunuyo ang mga ito. Naisip Ko na malalambot ang mga kordero at hindi makakapal ang lana ng mga ito, ngunit maiinit pa rin ang mga ito, at naisip Ko na mas mabuti kung papatabain ang mga ito nang kaunti. Habang iniisip Ko ito, tinanong Ko ang taong nag-aalaga ng mga tupa. "Hindi ba maganda ang kalidad ng damong ito? Wala bang sapat sa parang na makakain ng mga tupa? Dapat bang bungkalin ang lupa at magtanim ng kaunting bagong damo, para may sapat silang makakain?" Sinabi niya, "Walang sapat na luntiang damong makakain. Sa ngayon, kumakain pa rin ng dayami ang mga tupa." Nang marinig Ko ito, sinabi Ko, "Hindi mo ba alam kung anong panahon ito? Bakit pinakakain mo pa rin sila ng dayami? Nanganak na ang mga babaeng tupa ng mga kordero, dapat ay maganda at sariwang damo ang kinakain nila. Bakit pinakakain mo pa rin sila ng dayami? Nakaisip na ba kayo ng solusyon para dito?" Marami siyang sinabing dahilan. Nang sabihin Ko sa kanya na bungkalin ang parang, sinabi niyang hindi niya kaya—kung ginawa niya iyon, wala nang makakain ngayon ang mga tupa. Ano ang palagay ninyo matapos ninyong marinig ang lahat ng ito? May nadarama ba kayong pasanin? (Mag-iisip ako ng mga paraan para makahanap ng magandang parang ng damo, o gumapas ng ilang damo sa ibang lugar.) Isang paraan iyon para malutas ito. Kailangan mong mag-isip ng solusyon. Huwag mong basta busugin ang tiyan mo at kalimutan ang lahat ng iba pa—kailangan ding mabusog ang mga tupa. Kalaunan, sinabi Ko sa ilan pang tao, "Puwede

bang bungkalin ang parang na ito? Kahit magtanim ka sa taglagas, makakakain ng luntiang damo ang mga tupa sa susunod na taon. Bukod pa ryan, dalawa ang parang sa iba pang mga lugar, maaari bang ipastol roon ang mga tupa araw-araw para makakain ng sariwang damo? Kung pinagsasalit-salit ang dalawang parang, hindi ba makakakain ng sariwang damo ang mga tupa?” Madali bang gawin ang sinabi Ko? (Oo.) Sabi ng ilang tao, “Mas madaling sabihin iyon kaysa gawin. Palagi Mong sinasabi na madaling gawin ang mga bagay-bagay—paano ito naging sobrang madali? Napakaraming tupa, at kapag nagtatakbuhan sila, hindi talaga sila madaling ipastol.” Hirap na hirap na sila sa pagpastol lamang ng mga tupa, napakarami nilang dahilan at suliranin, ngunit sa huli ay sumang-ayon sila. Pagkaraan ng ilang araw nagpunta Ako para tumingin ulit. Lumago na nang husto ang damo nang halos hanggang baywang. Nagtaka Ako kung paano ito tumaas nang ganoon samantalang kinakain ito ng mga tupa. Pagkatapos magtanong ng ilang bagay, natuklasan Ko: Hindi man lamang ipinastol doon ang mga tupa para manginain ng damo. May dahilan din ang mga tao: “Walang silungan sa parang, naiinitan nang husto ang mga tupa.” Sabi Ko, “Bakit hindi na lang sila gawan ng silungan? Kaunti lamang ang mga tupa. Ano ba dapat ang ginagawa ninyo rito? Hindi ba’t dapat na pinangangasiwaan ninyo ang mga simpleng usaping ito?” Sagot nila, “Wala kaming mahanap na magtatayo nito.” Sabi Ko, “May mga taong gumagawa ng ibang mga bagay, walang gagawa nito? Naghanap ka na ba? Ang pinapahalagahan mo lamang ay ang kainin ang tupa, hindi ang alagaan sila. Bakit napakamakasariili mo? Gusto mong kumain ng kordero ngunit hindi mo sila pinapakain ng luntiang damo—bakit napaka-imoral mo!” Nang mapilitan na sila, ginawa ang silungan at nakakain ng luntiang damo ang mga tupa. Madali ba para sa kanila ang kumain ng kaunting luntiang damo? Napakahirap isagawa ang isang napakasimpleng bagay para sa mga taong ito. Sa bawat hakbang, nagdahilan sila. Nang magkaroon sila ng dahilan, nang mayroong sangkot na anumang mga suliranin, sumuko sila at naghintay na dumating Ako at ayusin iyon. Kinailangan Kong subaybayan palagi kung ano ang nangyayari, kinailangan Kong bantayan ito palagi, kinailangan Kong pilitin sila palagi—hindi maaaring hindi Ko sila pilitin. Bakit Ako dapat ang mag-alala tungkol sa isang bagay na napakaliit na katulad ng pagpapakain sa mga tupa? Inihahanda Ko ang lahat para sa inyo, kaya bakit kailangan ng labis na pagsisikap para mapasunod kayo sa kaunting salita Ko? Hinihiling Ko ba sa iyo na umakyat ng bundok ng mga kutsilyo o lumangoy sa dagat-dagatang apoy? O napakahirap bang ipatupad nito? Hindi ba’t responsabilidad mo ito? May kapangyarihan kang maisakatuparan ang lahat ng ito. Saklaw ito ng mga abilidad mo. Hindi naman iyan labis na kahilingan. Bakit hindi mo ito maisakatuparan? Saan nagmumula ang problema? Inutusan ba kita na gumawa ng arka? (Hindi.) Gaano kalaki ang pagkakaiba sa pagitan ng ipinagawa sa iyo, at ng paggawa ng arka? Napakalaki. Ang gampaning hiniling sa iyo na isakatuparan ay tatagal lamang nang isa o dalawang araw. Kasingsimple lang ito ng pagsasabi ng kaunting salita. Kayang gawin ito. Ang paggawa ng arka ay isang napakabigat na gawain, 100 taong gawain. Nangangahas Akong sabihin na kung kayo ay naipanganak sa panahon ni Noe,

wala ni isa man sa inyo ang makakayang sumunod sa mga salita ng Diyos. Nang sumunod si Noe sa mga salita ng Diyos, nang gawin niya ang arka, nang paunti-unti, tulad ng utos ng Diyos, kayo ang magiging mga tao na nakatayo sa isang tabi, na pumipigil kay Noe, tinutuya siya, kinukutya siya, at pinagtatawanan siya. Ganyang klaseng tao kayo talaga. Walang-wala kayong saloobing sumunod at magpasakop. Taliwas dito, hinihiling mo na pakitaan ka ng Diyos ng partikular na biyaya, at na partikular kang pagpalain at bigyang liwanag. Paano ka naging napakawalang kahihiyan? Ano ang masasabi ninyo, alin sa mga bagay na katatalakay Ko pa lamang ang Aking responsabilidad? Alin ang dapat Kong gawin? (Wala sa mga iyon.) Lahat ng bagay na ito ay mga usapin ng tao. Hindi Ko iyan tungkulin. Dapat ay magawa Kong iwan kayo nang mag-isa. Kaya bakit Ko kailangang makisangkot? Ginagawa Ko ito hindi dahil sa obligasyon Ko ito, kundi para sa inyong sariling kapakanan. Walang isa man sa inyo ang nag-aalala tungkol dito, wala ni isa man sa inyo ang umako ng responsabilidad na ito, wala ni isa man sa inyo ang may ganitong mabubuting layunin—kaya kailangan Kong lalong magsikap para dito. Ang kailangan lamang ay sumunod kayo at makipagtulungan, napakasimple niyon—ngunit ni hindi ninyo iyon magawa. Tao pa ba kayo?

May isa pang mas malubhang insidente. Mayroong isang lugar kung saan may itinatayong gusali. Ang gusali ay medyo mataas at medyo malaki ang sakop na lugar. Maraming kagamitan ang nakaayos sa loob nito; at para mas madaling ilipat ang mga ito, mangangailangan sa pinakamababa, ng isang set ng dalawahang pinto, at kailangan ay walong talampakan man lang ang taas ng mga ito. Maiisip ng mga taong normal ang tungkol sa lahat ng ito. Ngunit mayroong nagpumilit na maglagay ng nag-iisang anim-na-talampakang pinto. Hindi niya pinansin ang mungkahi ng lahat ng iba pa, kaninuman nagmula ang mga iyon. Magulo ba ang isip ng taong ito? Isa siyang ganap na walanghiya. Kalaunan, nang may magsabi sa Akin tungkol dito, sinabi Ko sa taong iyon, “Kailangan mong magkabit ng dalawahang pinto, at kailangan ay mas mataas ang mga iyon.” Atubili siyang pumayag. Ang totoo, pumayag siya kunwari, ngunit ano ang lihim niyang sinabi? “Bakit ba kailangang maging napakataas ng mga iyon? Ano ang problema kung mas mababa ang mga iyon?” Kalaunan, nagpunta Akong muli para tingnan ito. Naidagdag lang ang isa pang pinto, ngunit pareho pa rin ang taas. At bakit pareho pa rin ang taas? Imposible bang gumawa ng mas mataas na pinto? O sasayad ba sa kisame ang pinto? Ano ang problema? Ang problema ay ayaw niyang sumunod. Ang iniisip niya talaga ay, “Ikaw ba ang nagpapasya? Ako ang amo rito, ako ang nagpapasya. Ginagawa ng ibang mga tao ang sinasabi ko, hindi ang kabaligtaran. Ano ba ang alam mo? Nakakaunawa ka ba ng konstruksiyon?” Ibig sabihin ba ng hindi nakakaunawa ng konstruksiyon ay hindi Ko nakikita ang hitsura ng mga proporsiyon? Sa gayong kababang pinto sa isang napakataas na gusali, kapag pumasok doon ang taong mahigit 6’2 na talampakan ang tangkad, kung hindi sila yuyukod mauuntog sila sa hamba. Anong klaseng pinto ba ito? Hindi Ko na kailangang makaunawa ng konstruksiyon—sabihin mo sa Akin, makatwiran ba ang pananaw Ko tungkol dito? Praktikal ba iyon? Ngunit hindi maarok ng taong iyon

ang gayong praktikalidad. Ang alam lamang niya ay sumunod sa mga regulasyon, sinasabi niya: “Ganito lahat ang hitsura ng mga pinto sa pinanggalingan ko. Bakit ko dapat gawing kasing taas iyon gaya ng sinabi mo? Ipinagawa mo sa akin ito, at ganito ko ginawa ito. Kung wala akong silbi sa iyo, kalimutan mo na ito! Ganito ang paggawa ko sa mga bagay, at hindi kita susundin!” Anong klase ang taong ito? Palagay ba ninyo ay maaari pa rin siyang gamitin ng sambahayan ng Diyos? (Hindi.) Kaya ano ang dapat gawin dahil hindi siya maaaring gamitin? Bagama’t may palatandaan na nagsisikap sa panlabas ang gayong mga tao sa sambahayan ng Diyos, at hindi kaagad pinalalayas, at bagama’t nagagawa ng mga kapatid na magparaya sa kanila, at nagagawa Kong magparaya sa kanila, pagdating sa kanilang pagkatao—kalimutan na natin kung nauunawaan nila ang katotohanan o hindi—nagtatrabaho at naninirahan sa isang kapaligirang tulad ng sambahayan ng Diyos, malamang ba na manatili sila? (Hindi.) Dapat ba natin silang palayasin? (Hindi.) Malamang bang manatili sila sa iglesia sa loob ng mahabang panahon? (Hindi.) Bakit hindi? Isantabi natin kung nauunawaan nila ang sinabi sa kanila. Dahil ganito ang disposisyon nila, matapos magpakita ng kaunting palatandaan ng pagsisikap sa panlabas, nagmamalaki sila, at sinusubukan nilang magdikta. Katanggap-tanggap ba ito sa sambahayan ng Diyos? Wala silang silbi, subalit iniisip nila na mahusay sila, na sila ay isang haligi, at na pundasyon sila sa sambahayan ng Diyos, kung saan walang pakundangan silang gumagawa ng masama, at sinusubukan nila na sila ang magpasya. Malamang na magkaroon sila ng mga problema, at hindi sila magtatagal. Sa mga taong katulad nito, kahit hindi sila patalsikin ng sambahayan ng Diyos, kapag matagal-tagal na silang narito ay mapapansin nila na sa sambahayan ng Diyos, laging pinag-uusapan ng mga tao ang katotohanan, ang prinsipyo; wala silang interes dito, walang silbi ang modus operandi nila rito. Saanman sila magpunta at anuman ang kanilang ginagawa, hindi nila kayang makipagtulungan sa iba, at gusto nila na sila palagi ang magpasya. Ngunit hindi iyan epektibo, at natatagpuan nila ang kanilang sarili na limitado sa lahat ng aspekto. Habang lumilipas ang panahon, nauunawaan ng karamihan sa mga kapatid ang katotohanan at ang mga prinsipyo; samantalang sinusubukan ng mga taong ito na gawin ang gusto nila, sinusubukang maging amo at magpasya, at hindi sila kumikilos ayon sa prinsipyo, maraming tao ang tumitingin nang mapanghamak sa kanila—matitiis ba nila ito? Pagdating ng panahon, mararamdaman nila na hindi sila kaayon sa mga taong ito, na likas na hindi sila nabibilang dito, na mali ang kanilang kinaroroonan: “Paano ako aksidenteng napunta sa sambahayan ng diyos? Napakasimple ng pag-iisip ko. Akala ko kung magsisikap ako nang kaunti, maiiwasan ko ang sakuna, at mapagpapala ako. Hindi ko naisip kailanman na hindi ganito ang mangyayari!” Likas na hindi sila nabibilang sa sambahayan ng Diyos; matapos manatili sandali, nawawalan sila ng interes, wala silang pakialam, at hindi na sila kailangang patalsikin pa—sila na mismo ang tahimik na umaalis.

Sinasabi ng ilang tao, “Wala bang bagay na hindi Mo pinapakialaman? Pakialamero Ka, hindi ba? Gusto mo lang ipakita ang Iyong katanyagan, ipadama ang presensiya

Mo, at ipaalam sa mga tao ang pagiging makapangyarihan Mo sa lahat sa pamamagitan ng pakikialam sa mga usapin ng ibang tao, hindi ba?” Sabihin mo sa Akin, ayos lang ba kung hindi Ko aasikasuhin ang mga bagay na ito? Sa realidad, ayaw Kong asikasuhin ang mga ito, ang mga ito ay responsabilidad ng mga lider at manggagawa, pero kung hindi Ko ito gagawin, magkakaroon ng problema, at maaapektuhan ang susunod na gawain. Kakailanganin Ko pa bang makialam sa gayong mga usapin kung kaya naman ninyong lutasin ang mga iyon, kung ginawa ninyo ang ipinag-uutos Ko? Kung hindi Ko kayo aalalahanin, hindi ninyo isasabuhay ang anumang wangis ng tao, ni hindi kayo mamumuhay nang maayos. Wala kayong magagawa nang kayo-kayo lang. At kahit magkaganoon, hindi pa rin kayo sumusunod sa Akin. Sasabihin Ko sa inyo ang isang napakasimpleng bagay: ang napakaliit na usapin ng kalinisan at pangangalaga sa paligid na inyong tinitirhan. Paano kayo kumikilos tungkol sa usaping ito? Kung may pupuntahan Akong lugar at hindi Ko ipinaalam sa inyo nang maaga, magiging napakagulo ng kapaligiran ninyo, at kakailanganin ninyong linisin iyon sa mismong sandaling iyon, at maiinis kayo at hindi mapapalagay. Kung sinabi Ko sa inyo nang maaga na paparating Ako, hindi gaanong magiging masama ang sitwasyon—ngunit akala ba ninyo ay hindi Ko alam ang nangyayari kapag palihim itong ginagawa? Maliliit na bagay ang lahat ng ito, ilan sa pinakasimple at pinakapangunahing punto ng normal na pagkatao. Pero ganito kayo katamad. Talaga bang magagawa ninyo nang mabuti ang tungkulin ninyo? Nanatili Ako sa ilang lugar sa mainland China nang sampung taon, tinuruan Ko ang mga tao roon kung paano tiklupin ang mga kumot at ibilad ang mga ito sa araw, kung paano maglinis ng bahay, at kung paano magsindi ng kalan sa mga bahay. Pero pagkatapos ng sampung taon ng pagtuturo, hindi Ko pa rin sila nagawang turuan. Dahil ba hindi Ako marunong magturo? Hindi, masyado lang talagang salaula ang mga taong ito. Kalaunan, tumigil na Akong magturo. Kapag napupunta Ako sa isang lugar at may nakikita Akong kumot na hindi nakatupi, tatalikod na lang Ako at aalis. Bakit Ko ito ginagawa? Nabahuan kasi Ako at nandiri. Bakit Ako mananatili sa isang lugar na mas masahol pa kaysa sa kulungan ng baboy? Tumatanggi Akong gawin iyon. Kahit ang maliliit na problemang ito ay napakahirap baguhin. Kung itataas Ko pa ang antas sa pagsunod sa daan ng Diyos, at sa kalooban ng Diyos, sa tuwirang pananalita, hinding-hindi ninyo ito maaabot. Ano ang pangunahing puntong sinasabi Ko ngayon? Napakahalagang sumunod sa mga salita ng Diyos, at hindi mo ito dapat balewalain. Ang pagsunod sa mga salita ng Diyos ay hindi nangangahulugan na dapat mong suriin, pag-aralan, talakayin o usisain ang mga salita ng Diyos na dapat mong siyasatin ang mga dahilan sa likod ng mga ito, at subukang hanapan ng katwiran; sa halip, dapat mong isakatuparan ang Kanyang mga salita at isagawa ang mga iyon. Kapag nagsasalita sa iyo ang Diyos, kapag inutusan ka Niyang isagawa ang isang gampanin o ipinagkatiwala Niya sa iyo ang isang bagay, ang susunod na gustong makita ng Diyos ay kumikilos ka, at kung paano mo ito isasakatuparan, nang hakbang-hakbang. Walang pakialam ang Diyos kung nauunawaan mo ang bagay na ito o hindi, ni wala Siyang pakialam kung, sa puso mo, mausisa ka tungkol dito, o kung

mayroon kang anumang pagdududa tungkol dito. Ang tinitingnan ng Diyos ay kung gagawin mo ito, kung mayroon kang saloobing sumunod at magpasakop.

Nagkataon na kausap Ko ang ilang tao tungkol sa mga kasuotan para sa mga palabas. Ang pangunahing prinsipyo ay dapat maging disente, may dignidad, kaaya-aya, at elegante ang kulay at estilo ng mga kasuotan. Hindi dapat magmukhang kakatwang kasuotan ang mga ito. Bukod pa ryan, hindi na kailangang gumastos nang sobra. Hindi kailangang manggaling ang mga ito sa isang partikular na taga-disenyo, lalo nang hindi kailangang magpunta sa mamahalin at may tatak na mga tindahan para bilhin ang mga ito. Ang Aking pananaw ay dapat magmukhang elegante, disente at may dignidad ang mga kasuotan ng mga gumaganap, na maayos dapat silang tingnan. Walang mga limitasyon sa kulay, maliban sa pag-iwas sa mga mukhang mapusyaw o madilim kapag nasa entablado. Ayos lang ang karamihan sa iba pang mga kulay: pula, kahel, dilaw, berde, asul, indigo, lila—walang mga regulasyon para dito. Bakit may ganitong prinsipyo? Ang likha ng Diyos ay naglalaman ng bawat kulay. May kulay ang mga bulaklak, gayundin ang mga puno, halaman, at ibon. Kaya hindi tayo dapat magkaroon ng mga kuru-kuro o panuntunan tungkol sa kulay. Pagkatapos sabihin ito, nangamba Ako na baka hindi nila maunawaan. Tinanong Ko silang muli, at napanatag lamang Ako nang sabihin ng lahat ng nakarinig sa Akin na naunawaan nila. Ang natira para sa kanila ay ang isakatuparan ang gawain ayon sa prinsipyong nabanggit Ko. Simpleng bagay ba ito? Malaking bagay ba ito? Mas malaki ba ito o mas maliit na gawain kaysa sa paggawa ng arka? (Mas maliit.) Kumpara sa paghahandog ni Abraham kay Isaac, mahirap ba ito? (Hindi.) Wala talagang kahirap-hirap, at simple ito—tungkol lamang ito sa pananamit. Mula pagkapanganak, bahagi na ng buhay ng tao ang pananamit; hindi ito mahirap na bagay. Mas madali pa ngang isagawa ng mga tao ang mga bagay na ito nang itinakda Ko na ang isang partikular na prinsipyo. Ang mahalaga ay kung sumunod ba sila, at kung handa ba silang gawin ito. Pagkaraan ng ilang panahon, nang magawa na ang ilang palabas at pelikula, nakita Ko na lahat ng kasuotan ng mga pangunahing tauhan ay asul. Pinag-isipan Ko ito nang kaunti: “May problema ba sa isipan ng mga tao na gumagawa ng mga palabas na ito? Napakalinaw ng sinabi Ko. Hindi Ako gumawa ng isang panuntunan na kailangan ay asul ang mga kasuotan, at na sinumang hindi nakasuot ng asul ay hindi papayagan sa entablado. Ano ang problema ng mga taong ito? Ano ang umuudyok at nangingibabaw sa kanila? Nagbago na ba ang mga kalakaran sa mundo sa labas, at asul na lamang ang isinusuot ng mga tao ngayon? Hindi. Walang mga panuntunan ang mundo sa labas tungkol sa mga kulay at estilo, nagsusuot ang mga tao ng lahat ng uri ng kulay. Kaya kakaiba na dapat mangyari ang gayong sitwasyon sa ating iglesia. Sino ang huling sumusuri sa mga kasuotan? Sino ang may kontrol sa usaping ito? Mayroon bang kumokontrol sa likod ng mga pangyayari?” Mayroon ngang nagmamaniplula sa mga bagay-bagay; dahil dito, anuman ang estilo, lahat ng kasuotan ay wala nang iba kundi asul. Walang nagawang kaibahan ang sinabi Ko. Nakapagpasya na sila na kailangan ay asul ang lahat ng pananamit—wala nang ibang isusuot ang mga tao kundi asul. Ang

asul ay kumakatawan sa espirituwalidad, at kabanalan; ito ang tatak na kulay ng sambahayan ng Diyos. Kung hindi asul ang kanilang mga kasuotan, hindi sila papayag na matuloy ang palabas at hindi sila mangangahas na gawin iyon. Sinabi Ko na katapusan na ng mga taong ito. Napakasimpleng bagay nito, ipinaliwanag Ko ang bawat punto nang napakalinaw, at tiniyak Ko na naunawaan nila iyon pagkatapos Kong magpaliwanag; nang magkasundo lamang kaming lahat ay saka Ko lamang tinapos ang paksa. At ano ang naging resulta sa huli? Dumaan lamang na parang hangin ang sinabi Ko. Walang sinumang nagpahalaga rito. Tinupad at isinagawa pa rin nila ang gusto nila; walang sinumang nagsagawa ng sinabi Ko, walang sinumang tumupad nito. Ano ba talaga ang ibig nilang sabihin nang sabihin nila na naunawaan nila? Binobola lang Ako ng mga taong ito. Maghapon silang nagtsitsismisan tulad ng mga babaeng iyon na nasa kalagitnaan ng edad na nasa kalsada. Ganito rin ang paraan ng kanilang pakikipag-usap sa Akin at ganito rin ang kanilang naging saloobin. Kaya nadama Ko sa puso Ko: Ang saloobin ng mga taong ito kay Cristo ay ang saloobin nila sa Diyos, at labis na nakakabahala ang saloobing ito, isang mapanganib na palatandaan, isang masamang hudyat. Gusto ba ninyong malaman kung ano ang inihuhudyat nito? Kailangan ninyong malaman. Kailangan Kong sabihin ito sa inyo, at kailangan ninyong makinig nang mabuti: Batay sa namamalas sa inyo, sa inyong saloobin sa mga salita ng Diyos, marami sa inyo ang masasadlak sa sakuna; ang ilan sa inyo ay masasadlak sa sakuna para maparusahan, at ang ilan ay para mapino, at hindi maiiwasan ang sakuna. Ang mga pinaparusahan ay mamamatay agad, masasawi sila. Gayunman, para sa mga pinipino sa sakuna, kung susunod at magpapasakop sila dahil dito, at magagawang manindigan nang matatag, at magtataglay sila ng patotoo, matatapos ang pinakamahirap na pagsubok; kung hindi, wala na silang pag-asa sa hinaharap, manganganib sila, at mawawalan na sila ng iba pang pagkakataon. Naririnig ba ninyo Ako nang malinaw? (Oo.) Mukha bang mabuti ang bagay na ito para sa inyo? Sa madaling salita, para sa Akin, hindi ito magandang pangitain. Pakiramdam Ko na masamang palatandaan ito. Naibigay Ko na sa inyo ang mga katunayan; kayo na ang bahalang pumili. Wala na Akong sasabihin pa tungkol dito, hindi Ko na uulitin ang sinabi Ko, hindi Ko na ito muling babanggitin.

Ang paksang ibinabahagi Ko ngayon ay kung paano tratuhin ang mga salita ng Diyos. Napakahalagang sumunod at magpasakop sa mga salita ng Diyos. Napakahalagang magawang ipatupad, isakatuparan, at isagawa ang mga ito. Sinasabi ng ilang tao, “Kahit ngayon, hindi pa rin namin alam kung paano tratuhin si Cristo.” Napakasimple ng pamamaraan ng pagtrato kay Cristo: Ang saloobin mo kay Cristo ay ang saloobin mo sa Diyos. Sa mga mata ng Diyos, ang saloobin mo sa Diyos ay ang saloobin mo kay Cristo. Siyempre, ang saloobin mo kay Cristo ay ang saloobin mo sa Diyos sa langit. Ang saloobin mo kay Cristo ang pinakatotoo sa lahat—nakikita ito, at ang mismong sinisiyasat ng Diyos. Gustong maunawaan ng mga tao kung paano itatrato ang Diyos sa paraang nais ng Diyos, at simple lamang ito. Mayroong tatlong punto: Ang una ay pagiging sinsero; ang pangalawa ay pagrespeto, matutunan kung paano respetuhin si Cristo; at ang pangatlo—at ito ang

pinakamahalagang punto—ay pagsunod sa Kanyang mga salita. Ang pagsunod sa Kanyang mga salita: ang ibig sabihin ba nito ay makinig gamit ang iyong mga tainga, o gamit ang iba pa? (Gamit ang ating puso.) Mayroon ka bang puso? Kung mayroon kang puso, gamitin ito sa pakikinig. Makakaunawa ka lamang kung makikinig ka gamit ang puso mo, at maisasagawa mo ang naririnig mo. Napakasimple ng bawat isa sa tatlong puntong ito. Ang literal na kahulugan ng mga ito ay dapat maging madaling maunawaan, at sa lohikal na pananalita, dapat ay madaling isagawa ang mga ito—ngunit kung paano ninyo isinasagawa ang mga ito, at kung naisasagawa nga ba ninyo ito, nasa inyo na iyon; hindi na Ako magpapaliwanag pa. Sabi ng ilang tao, “Ordinaryong tao ka lamang. Bakit kami dapat maging sinsero sa iyo? Bakit ka namin dapat igalang? Bakit namin dapat sundin ang iyong mga salita?” Mayroon Akong mga dahilan. Tatlo rin ang mga ito. Makinig nang husto at tingnan kung may katuturan ang sinasabi Ko. Kung mayroon, dapat ninyong tanggapin ito; kung sa pakiramdam ninyo ay wala, hindi mo ito kailangang tanggapin, at maaari kang maghanap ng ibang landas. Ang unang dahilan ay simula nang tanggapin mo ang yugtong ito ng gawain ng Diyos, kinakain, iniinom, tinatamasa, at dinarasal-binabasa mo ang bawat salitang sinabi Ko. Pangalawa ay kinikilala mo mismo na isa kang tagasunod ng Makapangyarihang Diyos, na isa ka sa Kanyang mananampalataya. Kaya maaari bang sabihin na kinikilala mong isa kang tagasunod ng ordinaryong laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos? Maaari. Sa kabuuan, ang pangalawa ay kinikilala mo na isa kang tagasunod ng Makapangyarihang Diyos. Ang pangatlong dahilan ang pinakamahalaga sa lahat: Sa buong sangkatauhan, Ako lamang ang nagtuturing sa inyo bilang mga tao. Mahalaga ba ang puntong ito? (Oo.) Alin sa tatlong puntong ito ang hindi ninyo matanggap? Ano ang masasabi ninyo, hindi ba totoo ang anuman sa mga puntong ito na kakabanggit Ko lang, hindi obhetibo, hindi makatotohanan? (Hindi.) Kaya sa kabuuan ay may anim na punto. Hindi Ko na idedetalye ang bawat isa sa mga ito; pagbulay-bulayan ninyo nang mag-isa ang mga ito. Napakahaba na ng nasabi Ko tungkol sa mga paksang ito, kaya dapat ay maunawaan na ninyo ang mga ito.

Hulyo 4, 2020

Ikatlong Ekskursus

Kung Paano Sumunod Sina Noe at Abraham sa mga Salita ng Diyos at Nagpasakop sa Kanya (Ikalawang Bahagi)

Sa huling pagtitipon, nagbahaginan tayo sa ikasampung aytem ng iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo, "Hinahamak nila ang katotohanan, lantarang nilalabag ang mga prinsipyo, at binabalewala ang mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos." Anong mga detalye ang partikular nating pinagbahaginan? (Pangunahing nakipagbahaginan ang Diyos sa kung paano tratuhin ang salita ng Diyos.) May kaugnayan ba ito sa ikasampung aytem? (Oo. Dahil, sa aytem na "Hinahamak nila ang katotohanan, lantarang nilalabag ang mga prinsipyo, at binabalewala ang mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos," ang isa sa mga pag-uugali ng mga anticristo ay nakikinig lang sila sa kung anong sinasabi ni Cristo, pero hindi sila sumusunod o nagpapasakop dito. Hindi nila sinusunod ang mga salita ng Diyos, at hindi rin sila nagsasagawa ayon sa mga salita ng Diyos. Sa huling pagtitipon, nakipagbahaginan ang Diyos tungkol sa kung paano tratuhin ang salita ng Diyos, paano sumunod sa salita ng Diyos, at paano ipatupad at isakatuparan ang salita ng Diyos.) Nauunawaan ang lahat ng ito, tama ba? Sa nauna nating pagtitipon, isinalaysay Ko ang dalawang kuwento: Ang isa ay ang kuwento ni Noe, at ang isa ay ang kuwento ni Abraham. Dalawang klasikong kuwento ang mga ito mula sa Bibliya. Maraming tao ang nakaaalam at nakauunawa sa mga kuwentong ito, ngunit matapos maunawaan ang mga ito, iilang tao lamang ang nakaaalam kung paano tatratuhin ang mga salita at hinihingi ng Diyos. Kaya, ano ang pangunahing layunin ng ating pagbabahaginan tungkol sa dalawang kuwentong ito? Ito ay upang ipaalam sa mga tao, bilang tao at bilang nilikha, kung paano nila dapat tratuhin ang mga salita at hinihingi ng Diyos—at malaman ang posisyong dapat panghawakan ng isang nilikha, at ang saloobing dapat nilang taglayin, kapag naharap sa mga hinihingi ng Diyos, at kapag nakikinig sa mga salita ng Diyos. Ang mga ito ay mga pangunahing bagay. Ito ang katotohanang nilalayon na malaman at maunawaan ng mga tao nang magbahaginan tayo tungkol sa dalawang kuwentong ito noong huling pagkakataon. Kaya, matapos tayong magbahaginan tungkol sa dalawang kuwentong ito, malinaw na ba sa inyo kung paano magpasakop kay Cristo at sumunod sa Kanyang mga salita, kung ano ang saloobing dapat taglayin ng mga tao, at kung ano ang dapat nilang maging pananaw at posisyon, kay Cristo, at sa mga salitang sinambit ni Cristo, gayundin kung paano dapat tratuhin ng mga tao ang mga salita at hinihingi ng Diyos, at kung anong mga katotohanan ang dapat maunawaan sa loob nito? (Ang una ay ang pagiging sinsero kay Cristo, ang pangalawa ay ang matutong respetuhin si Cristo, at ang pangatlo ay ang pagsunod sa Kanyang mga salita, pakikinig sa mga salita ng Diyos nang buong puso natin.) Naaalala ninyo ang mga panuntunan. Kung hindi Ko nabanggit ang mga panuntunang ito,

magagawa kaya ninyong makuha ang diwa ng mga ito mula sa dalawang kuwentong isinalaysay Ko? (Ang tanging bagay na puwede naming maging kongklusyon ay na dapat naming sundin ang anumang sinasabi ng Diyos.) Ang tanging nagagawa ninyong makuha ang diwa ay simple, dogmatiko, at teoretikal na mga paraan ng pagkilos; wala pa rin kayong kakayahang unawain o alamin ang mga katotohanan sa loob nito na dapat hanapin at unawain ng mga tao. Kaya magbahaginan tayo, nang detalyado, tungkol sa mga kuwento nina Noe at Abraham.

I. Ang Saloobin ni Noe sa mga Salita ng Diyos

Pag-usapan muna natin ang kuwento ni Noe. Noong huling pagtitipon, pangkalahatan nating sinaklaw ang mga dahilan at kinalabasan ng kuwento ni Noe. Bakit hindi tayo naging mas partikular? Dahil karamihan sa mga tao ay alam na ang mga dahilan, kinalabasan, at partikular na mga detalye ng kuwentong ito. Kung may anumang mga detalyeng hindi pa gaanong malinaw sa inyo, maaari ninyong matagpuan ang mga iyon sa Bibliya. Ang pinagbabahaginan natin ay hindi ang mga partikular na detalye ng kuwentong ito, kundi kung paano tinrato ni Noe, ang bida sa kuwento, ang mga salita ng Diyos, kung anong mga aspekto ng katotohanan ang dapat maunawaan ng mga tao mula rito, at kung ano ang naging saloobin ng Diyos, ano ang inisip Niya, at ano ang pagsusuri Niya kay Noe matapos Niyang makita ang bawat kilos na ginawa ni Noe. Ang mga detalyeng ito ang dapat nating pagbahaginan. Ang saloobin ng Diyos kay Noe at ang pagsusuri Niya sa ginawa ni Noe ay sapat na para sabihin sa atin kung ano talaga ang mga pamantayang hinihingi ng Diyos sa sangkatauhan, sa mga sumusunod sa Kanya, sa mga inililigtas Niya. May katotohanan bang mahahanap dito? Kung saan may katotohanang mahahanap, nararapat iyong himayin, pagnilayan, at pagbahaginan nang detalyado. Hindi natin pag-uusapan ang partikular na mga detalye ng kuwento ni Noe. Ang pagbabahaginan natin ngayon ay ang katotohanang hahanapin sa iba't ibang saloobin ni Noe sa Diyos, gayundin ang mga hinihingi at mga layunin ng Diyos na dapat maunawaan ng mga tao mula sa pagsusuri ng Diyos kay Noe.

Si Noe ay isang ordinaryong miyembro ng sangkatauhan na sumamba at sumunod sa Diyos. Nang dumating sa kanya ang mga salita ng Diyos, ang kanyang saloobin ay hindi ang kumilos nang mabagal, mag-antala, o ang magdahan-dahan. Sa halip, nakinig siya sa mga salita ng Diyos nang may matinding kaseryosohan, nakinig siya sa bawat pagbigkas ng Diyos nang may labis na malasakit at pansin, na masigasig na nakikinig at sinisikap na tandaan ang lahat ng iniutos sa kanya ng Diyos, na hindi nangangahas na maging pabaya kahit kaunti. Sa kanyang saloobin sa Diyos, at sa mga salita ng Diyos, ay naroon ang isang may-takot-sa-Diyos na puso, na nagpakita na may puwang ang Diyos sa kanyang puso, at na mapagpasakop siya sa Diyos. Nakinig siya nang mabuti sa sinabi ng Diyos, sa nilalaman ng mga salita ng Diyos, sa hiningi ng Diyos na gawin niya. Nakinig siyang mabuti—nang hindi nanunuri, kundi tumatanggap. Walang pagtanggig, pag-ayaw, o pagkainip sa kanyang puso; sa halip, tinandaan niya nang tahimik, maingat, at

mabuti, sa kanyang puso, ang bawat salita at usapin kung saan gumawa ng mga paghingi sa kanya ang Diyos. Matapos ibigay sa kanya ng Diyos ang bawat tagubilin, itinala ni Noe, nang detalyado at sa sarili niyang kaparaanan, ang lahat ng nasabi at naipagkatiwala sa kanya ng Diyos. Pagkatapos ay isinantabi niya ang kanyang sariling mga gawain, humiwalay sa pang-araw-araw na mga gawain at plano ng kanyang dating buhay, at nagsimulang maghanda para sa lahat ng naipagkatiwala sa kanya ng Diyos na gawin, at lahat ng panustos na kinailangan para sa arka na ipinagawa sa kanya ng Diyos. Hindi siya nangahas na kaligtaan ang alinman sa mga salita ng Diyos, o alinman sa hiningi ng Diyos, o anumang detalye ng hiningi sa kanya sa mga salita ng Diyos. Sa sarili niyang kaparaanan, itinala niya ang mga pangunahing punto at detalye ng lahat ng hiningi at ipinagkatiwala ng Diyos sa kanya, pagkatapos ay pinagmuni-munihan at pinagnilay-nilayan niya ang mga iyon, nang paulit-ulit. Sumunod, naghanap si Noe ng lahat ng materyales na ipinahanda sa kanya ng Diyos. Natural, pagkatapos ng bawat tagubiling ibinigay sa kanya ng Diyos, gumawa siya, sa sarili niyang paraan, ng detalyadong mga plano at pagsasaayos para sa lahat ng ipinagkatiwala at tinagubilin sa kanya ng Diyos na gawin—at pagkatapos, sa paisa-isang hakbang, isinakatuparan at isinagawa niya ang kanyang mga plano at pagsasaayos, at bawat detalye at indibidwal na hakbang ng hiningi ng Diyos. Sa buong proseso, lahat ng ginawa ni Noe, malaki man o maliit, kapansin-pansin man o hindi sa mga mata ng tao, ay siyang ipinagawa sa kanya ng Diyos, at ang sinabi at hiningi ng Diyos. Mula sa lahat ng nakita kay Noe matapos niyang tanggapin ang atas ng Diyos, maliwanag na ang kanyang saloobin sa mga salita ng Diyos ay hindi ang makinig lang, at wala nang iba—lalo nang hindi gayon ang nangyari na matapos marinig ang mga salitang ito, pumili si Noe ng isang panahon kung kailan maganda ang pakiramdam niya, kung kailan tama ang kapaligiran, o kung kailan maganda ang tiyempo para isakatuparan ito. Sa halip, isinantabi niya ang lahat ng kanyang trabaho, humiwalay sa kanyang pang-araw-araw na mga gawain sa buhay, at ginawa ang pagtatayo ng arka na iniutos ng Diyos na pinakamalaking prayoridad sa kanyang pang-araw-araw na buhay at pag-iral mula noon at isinakatuparan niya ito nang naaayon. Ang kanyang saloobin sa atas ng Diyos at sa mga salita ng Diyos ay hindi walang kaseryosohan, pabaya, o pabago-bago, lalong hindi ito isang pagtangga; sa halip, pinakinggan niya nang mabuti ang mga salita ng Diyos, at taos-pusong tinandaan at pinagnilayan ang mga iyon. Ang kanyang saloobin sa mga salita ng Diyos ay isang pagtanggap at pagpapasakop. Para sa Diyos, ito lamang ang saloobing hinihingi Niya na taglayin ng isang tunay na nilikha sa Kanyang mga salita. Walang paglaban, walang pagpapabasta-basta, walang pagiging sutil o pagiging walang pakundangan sa saloobing ito, ni wala itong halong kalooban ng tao; ito ay buong-buo at ganap na saloobing dapat taglayin ng isang nilikhang tao.

Matapos tanggapin ang atas ng Diyos, sinimulang planuhin ni Noe kung paano bubuuin ang arkang ipinagkatiwala sa kanya ng Diyos. Hinanap niya ang iba't ibang materyales, at ang mga tao at kasangkapang kailangan sa pagbubuo ng arka. Natural na kinapalooban ito ng maraming bagay; hindi ito naging madali at simple na tulad ng

ipinahiwatig sa teksto. Sa kapanahunang iyon na wala pang industriya, isang kapanahunan na lahat ay ginawa nang manu-mano, sa pamamagitan ng pisikal na trabaho, hindi mahirap isipin kung gaano kahirap bumuo ng gayong arka, ng gayong higante, upang kumpletuhin ang gampanin ng pagbubuo ng arka gaya ng ipinagkatiwala ng Diyos. Siyempre pa, kung paano nagplano, naghanda, nagdisenyo, at naghanap ng iba't ibang bagay si Noe gaya ng mga materyales at kasangkapan ay hindi mga simpleng usapin, at maaaring hindi pa nakakita si Noe ng gayon kalaking barko. Matapos tanggapin ang atas na ito, kung uunawaing mabuti ang mga salita ng Diyos, at batay sa lahat ng sinabi ng Diyos, nalaman ni Noe na hindi ito simpleng bagay, hindi ito madaling gampanin. Hindi simple o madaling gampanin ito—ano ang mga implikasyon nito? Sa isang banda, nangahulugan ito na, matapos tanggapin ang atas na ito, magkakaroon ng mabigat na pasanin si Noe sa kanyang mga balik. Bukod pa ryan, batay sa kung paano personal na tinawag ng Diyos si Noe at personal siyang tinagubilinan kung paano bubuuin ang arka, hindi ito ordinaryong bagay, hindi ito maliit na bagay. Batay sa mga detalye ng lahat ng sinabi ng Diyos, hindi ito isang bagay na matitiis ng sinumang ordinaryong tao. Ang katunayan na tinawag ng Diyos si Noe at inatasan siyang bumuo ng arka ay nagpapakita ng kahalagahan ni Noe sa puso ng Diyos. Pagdating sa usaping ito, siyempre, nagawang maunawaan ni Noe ang ilan sa mga layunin ng Diyos—at dahil nagawa niya iyon, natanto ni Noe ang uri ng buhay na kanyang kahaharapin sa darating na mga taon, at batid niya ang ilan sa mga paghihirap na daranasin niya. Bagama't natanto at naunawaan ni Noe ang malaking hirap sa ipinagkatiwala sa kanya ng Diyos, at kung gaano katindi ang mga pagsubok na kahaharapin niya, hindi niya binalak na tumanggi, kundi sa halip ay labis siyang nagpasalamat sa Diyos na si Jehova. Bakit nagpasalamat si Noe? Dahil hindi niya inasahan na ipagkatiwala sa kanya ng Diyos ang isang bagay na napakahalaga, at personal na sinabi at ipinaliwanag sa kanya ang lahat ng detalye. Ang mas mahalaga pa, sinabi rin ng Diyos kay Noe ang buong kuwento, mula simula hanggang wakas, kung bakit kailangang buuin ang arka. May kinalaman ito sa sariling plano ng pamamahala ng Diyos, ito ay sariling usapin ng Diyos, pero sinabi sa kanya ng Diyos ang tungkol sa bagay na ito, kaya nadama ni Noe ang kahalagahan nito. Sa kabuuan, batay sa iba't ibang palatandaang ito, batay sa tono ng pananalita ng Diyos, at sa iba't ibang aspekto ng ipinabatid ng Diyos kay Noe, nadama ni Noe ang kahalagahan ng gampanin ng pagbubuo ng arka na ipinagkatiwala sa kanya ng Diyos, napahalagahan niya ito sa kanyang puso, at hindi siya nangahas na balewalain ito, ni hindi siya nangahas na makaligtaan ang anumang detalye. Samakatwid, nang matapos na ang Diyos sa pagbibigay ng Kanyang mga tagubilin, binuo ni Noe ang kanyang plano, at nagtrabaho na siya at ginawa niya ang lahat ng pagsasaayos para sa pagbubuo ng arka, naghanap ng mga gagawa, naghanda ng lahat ng uri ng materyales, at, alinsunod sa mga salita ng Diyos, unti-unti siyang nagtipon ng iba't ibang uri ng mga buhay na nilalang sa arka.

Ang buong proseso ng pagbubuo ng arka ay puno ng hirap. Sa sandaling ito, isantabi natin kung paano nalagpasan ni Noe ang hampas ng hangin, init ng araw, at lakas ng

ulan, ang nakapapasong init at matinding ginaw, at ang pagpapalit-palit ng apat na panahon, taun-taon. Pag-usapan muna natin kung gaano kalaking trabaho ang magbuo ng arka, at ang kanyang paghahanda ng iba't ibang materyales, at ang napakaraming hirap na nakaharap niya habang binubuo ang arka. Ano ang kabilang sa mga hirap na ito? Salungat sa mga pagkaunawa ng mga tao, hindi palaging nagiging maayos ang ilang pisikal na gampanin sa unang pagkakataon, at kinailangan ni Noe na pagdaanan ang maraming kabiguan. Kapag nakatapos ng isang bagay, kung mukhang mali ito, binabaklas niya ito, at pagkatapos itong baklasin, kinailangan niyang maghanda ng mga materyales, at gawin itong muli. Hindi ito katulad ng sa modernong panahon, kung saan ginagawa ng lahat ng tao ang lahat ng bagay gamit ang kagamitang elektroniko, at kapag naihanda na ito ay isinasagawa na ang trabaho ayon sa isang nakatakandang programa. Kapag isinasagawa ang gayong gawain ngayon, ginagamitan na ito ng makina, at kapag pinaandar mo na ang makina, magagawa na nito ang gawain. Pero namuhay si Noe sa panahon ng primitibong lipunan, at lahat ng gawain ay gawang-kamay at kailangan mong gawin ang lahat ng gawain gamit ang dalawa mong kamay, gamit ang mga mata at isip mo, at ang sarili mong kasigasigan at lakas. Siyempre pa, higit sa lahat, kinailangan ng mga tao na umasa sa Diyos; kinailangan nilang hanapin ang Diyos sa lahat ng dako at sa lahat ng oras. Sa proseso ng pagharap sa lahat ng klase ng paghihirap, at sa mga araw at gabi sa pagbubuo ng arka, kinailangang harapin ni Noe hindi lamang ang iba't ibang sitwasyong nangyari habang kinukumpleto ang napakalaking trabahong ito, kundi pati na ang iba't ibang kapaligirang nakapalibot sa kanya sa kanyang paligid, gayundin ang pagtawanan, siraan, at laitin ng iba. Bagama't hindi natin personal na naranasan ang mga tagpong iyon nang mangyari ang mga iyon, hindi ba't posibleng isipin ang ilan sa iba't ibang paghihirap na nakaharap at naranasan, at ang iba't ibang hamong kinaharap ni Noe? Habang binubuo ang arka, ang unang nakaharap ni Noe ay ang kawalan ng pag-unawa ng kanyang pamilya, ang kanilang pangungulit, mga reklamo, at maging ang kanilang pang-aalipusta. Pumapangalawa rito ang paninira, panlalait, at paghusga ng mga nakapaligid sa kanya—ng kanyang mga kamag-anak, ng kanyang mga kaibigan, at ng lahat ng klase ng ibang tao. Ngunit iisa lamang ang naging saloobin ni Noe, ang sumunod sa mga salita ng Diyos, at ipatupad ang mga iyon hanggang sa kahuli-hulihan, at hinding-hindi nag-alinlangan rito. Ano ang napagpasyahan ni Noe? “Hangga’t buhay ako, hangga’t nakagagalaw pa ako, hindi ko tatalikuran ang atas ng Diyos.” Ito ang nagganyak sa kanya nang isagawa niya ang malaking trabaho na buuin ang arka, gayundin ang kanyang saloobin nang ilahad sa kanya ang mga utos ng Diyos, at matapos marinig ang mga salita ng Diyos. Nahaharap sa lahat ng uri ng problema, mahihirap na sitwasyon, at mga hamon, hindi umurong si Noe. Noong madalas na nabigo at nasira ang ilan sa kanyang mas mahihirap na gawaing pang-inhinyero, kahit nahihirapan ang kalooban ni Noe at nababalisa siya sa kanyang puso, nang maisip niya ang mga salita ng Diyos, nang maalala niya ang bawat salitang iniutos sa kanya ng Diyos, at ang pagtataas sa kanya ng Diyos, madalas siyang nakararamdam ng matinding pagganyak: “Hindi ako

puwedeng sumuko, hindi ko maaaring iwaksi ang iniutos at ipinagkatiwala ng Diyos na gawin ko; atas ito ng Diyos, at dahil tinanggap ko ito, dahil narinig ko ang mga salitang sinambit ng Diyos at ang tinig ng Diyos, at dahil tinanggap ko ito mula sa Diyos, dapat akong ganap na magpasakop, na siyang dapat makamit ng isang tao.” Kaya, anumang uri ng mga hiras ang nakaharap niya, anumang uri ng pangungutya o paninira ang naranasan niya, gaano man kapagod ang kanyang katawan, gaano man kapagal, hindi niya tinalikuran ang ipinagkatiwala sa kanya ng Diyos, at patuloy niyang isinaisip ang bawat isang salita na sinabi at iniutos ng Diyos. Paano man nagbago ang kanyang mga kapaligiran, gaano man kalaking hiras ang kanyang nakaharap, nagtiwala siya na walang alinman dito ang magpapatuloy panghabambuhay, na ang mga salita lamang ng Diyos ang hinding-hindi lilipas, at iyon lamang iniutos ng Diyos na gawin ang siguradong maisasakatuparan. May tunay na pananalig si Noe sa Diyos, at pagpapasakop na nararapat niyang taglayin, at patuloy niyang binuo ang arka na hiningi ng Diyos na buuin niya. Araw-araw, taun-taon, tumanda si Noe, ngunit hindi nabawasan ang kanyang pananalig, at hindi nagbago ang kanyang saloobin at determinasyon na kumpletuhin ang atas ng Diyos. Bagama’t may mga pagkakataon na pagod at pagal na ang kanyang katawan, at nagkasakit siya, at sa kanyang puso ay mahina siya, hindi nabawasan ang kanyang determinasyon at tiyaga na tapusin ang atas ng Diyos at magpasakop sa mga salita ng Diyos. Sa mga taon na binuo ni Noe ang arka, isinagawa ni Noe ang pakikinig at pagpapasakop sa mga salitang sinabi ng Diyos, at isinagawa rin niya ang mahalagang katotohanan na ang isang nilikha at ordinaryong tao ay kailangan kumpletuhin ang atas ng Diyos. Sa lahat ng makikita, ang buong proseso ay talagang iisang bagay lamang: pagbubuo ng arka, pagsasagawa ng sinabi ng Diyos sa kanya na gawin nang maayos at nang kumpleto. Ngunit ano ang kinailangan para magawa nang maayos ang bagay na ito, at matagumpay itong makumpleto? Hindi nito kinailangan ang kasigasigan ng mga tao, o ang kanilang mga islogan, lalo ang ilang sumpang sinabi nang dahil sa panandaliang emosyon, ni ang tinatawag na paghanga ng mga tao sa Lumikha. Hindi nito kinailangan ang mga bagay na ito. Sa harap ng pagbubuo ni Noe sa arka, ang tinatawag na paghanga ng mga tao, ang kanilang mga sumpa, ang kanilang kasigasigan, at ang kanilang pananampalataya sa Diyos sa espirituwal nilang mundo, walang silbi ang lahat ng ito; sa harap ng tunay na pananalig at tunay na pagpapasakop ni Noe, tila napakadukha, kaawa-awa ng mga tao, at tila labis na hungkag, maputla, walang sigla at mahina ang ilang doktrinang nauunawaan nila—bukod pa sa nakakahiya, kasuklam-suklam at imoral.

Inabot ng 120 taon ang pagbubuo ni Noe sa arka. Ang 120 taon ay hindi 120 araw, o 10 taon, o 20 taon, kundi mas mahaba ng maraming dekada kaysa sa karaniwang haba ng buhay ng mga tao ngayon. Dahil sa haba ng panahon, at sa hiras ng pagkumpleto nito, at ang bigat ng sangkot na pag-iinhinyero, kung walang tunay na pananalig si Noe, kung ang kanyang pananalig ay nasa isip lamang, nakatutok sa mga pag-asa, kasigasigan, o isang uri ng malabo at abstraktong pananampalataya, nakumpleto kaya ang arka? Kung ang kanyang pagpapasakop sa Diyos ay isang pangako na sa salita lamang, kung isa

lamang itong tala na isinulat, tulad ng ginagawa ninyo ngayon, nabuo kaya ang arka? (Hindi.) Kung ang kanyang pagpapasakop na tanggapin ang atas ng Diyos ay wala nang iba kundi kalooban at determinasyon lamang, isang pagnanais, nabuo kaya ang arka? Kung ang pagpapasakop ni Noe sa Diyos ay paggawa lamang ng mga pormalidad ng pagtalikod, paggugol, at pagbabayad-halaga, o paggawa lang ng dagdag pang trabaho, pagbabayad ng mas malaking halaga, at pagiging tapat sa Diyos sa teorya, o sa usapin ng mga islogan, nabuo kaya ang arka? (Hindi.) Napakahirap nito! Kung ang saloobin ni Noe sa pagtanggap sa atas ng Diyos ay isang uri ng transaksyon, kung tinanggap lang ito ni Noe para mapagpala at magantimpalaan siya, nabuo kaya ang arka? Talagang hindi! Maaaring magtagal ang kasigasigan ng isang tao sa loob ng 10 o 20 taon, o 50 o 60, ngunit kapag malapit na silang mamatay, nakikita na wala silang napala, mawawalan sila ng pananalig sa Diyos. Ang kasigasigang ito na nanaig sa loob ng 20, 50, o 80 taon ay hindi naging pagpapasakop o tunay na pananalig. Kalunos-lunos ito. Samantala, ang tunay na pananalig at tunay na pagpapasakop na natagpuan kay Noe ay siya mismong wala sa mga tao ngayon, at mismong mga bagay na hindi nakikita ng mga tao ngayon, at na hinahamak, kinukutya, o minamaliit pa nga. Ang pagsasalaysay sa kuwento ng pagbubuo ng arka ni Noe ay palaging nagdudulot ng pagbaha ng talakayan. Mapag-uusapan ito ng lahat, may masasabi ang lahat. Ngunit walang sinumang nag-iisip, o nagsisikap na unawain, kung ano ang natagpuan kay Noe, anong landas ng pagsasagawa ang taglay niya, anong uri ng saloobing gusto ng Diyos at pananaw sa mga utos ng Diyos ang kanyang taglay, o anong karakter ang mayroon siya pagdating sa pakikinig at pagsasagawa ng mga salita ng Diyos. Kaya sinasabi Ko na ang mga tao sa ngayon ay hindi marapat na magsalaysay ng kuwento ni Noe, dahil kapag isinasalaysay ng sinuman ang kuwentong ito, tinatrato nila si Noe bilang isang alamat at wala nang iba, bilang isa pa ngang ordinaryong matandang lalaki na may puting balbas. Sa isip nila ay pinagdududahan nila kung talaga bang nagkaroon ng gayong tao, kung anong klaseng tao talaga siya, at hindi nila sinisikap na pahalagahan kung paano naipakita ni Noe ang mga pagpapamalas na iyon matapos niyang tanggapin ang atas ng Diyos. Ngayon, kapag muli nating pinag-uusapan ang kuwento tungkol sa pagbuo ng arka ni Noe, sa palagay ba ninyo ay malaki o maliit na pangyayari ito? Isa lamang ba itong ordinaryong kuwento tungkol sa isang matandang lalaking bumuo ng isang arka noong araw? (Hindi.) Sa lahat ng tao, si Noe ang taong may takot sa Diyos, nagpapasakop sa Diyos, at kinumpleto ang atas ng Diyos na karapat-dapat siyang tularan; sinang-ayunan siya ng Diyos, at dapat siyang maging isang huwaran para sa mga sumusunod sa Diyos ngayon. At ano ang pinakamahalaga tungkol sa kanya? Iisa lamang ang saloobin niya sa mga salita ng Diyos: ang makinig at tumanggap, tumanggap at magpasakop, at magpasakop hanggang kamatayan. Ang saloobing ito, na pinakamahalaga sa lahat, ang siyang dahilan kaya nakamit niya ang pagsang-ayon ng Diyos. Pagdating sa mga salita ng Diyos, hindi siya pabasta-basta, hindi siya pabaya, at hindi niya siniyasat, inanalisa, nilabanan, o tinanggihan ang mga ito sa kanyang isipan at pagkatapos ay isinantabi na

lamang; sa halip, nakinig siya nang taimtim, tinanggap ang mga ito, nang paunti-unti sa kanyang puso, at pagkatapos ay pinagnilayan kung paano isasagawa ang mga ito, paano ipatupad ang mga ito, paano isagawa ang mga ito ayon sa orihinal na layon, nang walang anumang paglihis. At habang pinagninilayan niya ang mga salita ng Diyos, lihim niyang sinabi sa kanyang sarili, “Ito ang mga salita ng Diyos, ito ay mga tagubilin ng Diyos, atas ng Diyos, may tungkulin ako, kailangan kong magpasakop, hindi ko maaaring laktawan ang anumang mga detalye, hindi ako maaaring sumalungat sa alinman sa mga ninanais ng Diyos, hindi ko rin maaaring balewalain ang alinman sa mga detalye ng sinabi Niya, o kung hindi ay hindi ako angkop na tawaging tao, hindi ako magiging karapat-dapat sa atas ng Diyos, at hindi magiging karapat-dapat sa Kanyang pagtataas. Sa buhay na ito, kung mabibigo akong kumpletuhin ang lahat ng sinabi at ipinagkatiwala sa akin ng Diyos, kung gayon ay magkakaroon ako ng mga pagsisisi. Higit pa ryan, magiging hindi ako karapat-dapat sa atas ng Diyos at sa Kanyang pagtataas sa akin, at mawawalan ako ng mukha para bumalik sa harapan ng Lumikha.” Lahat ng naisip at napagbulayan ni Noe sa kanyang puso, bawat perspektiba, at bawat saloobin niya, ang bawat isa ang nagtakda na nagawa niyang isagawa ang mga salita ng Diyos sa huli, gawing realidad ang mga salita ng Diyos, isakatuparan ang mga salita ng Diyos, at upang matupad at maisakatuparan ang mga iyon sa pamamagitan ng pagsisikap niya at maging isang realidad sa pamamagitan niya, at upang hindi mauwi sa wala ang atas ng Diyos. Makikita sa lahat ng inisip, sa lahat ng ideyang umusbong sa kanyang puso, at sa kanyang saloobin sa Diyos, na si Noe ay karapat-dapat sa atas ng Diyos, siya ay isang taong pinagkatiwalaan ng Diyos, at isang taong tiningnan ng Diyos nang may pabor. Minamasdan ng Diyos ang bawat salita at gawa ng mga tao, pinagmamasdan Niya ang kanilang mga iniisip at ideya. Sa paningin ng Diyos, dahil sa ganitong pag-iisip ni Noe, napatunayang hindi nagkamali ang Diyos sa pagpili sa kanya; kinayang pasanin ni Noe ang atas ng Diyos at ang tiwala ng Diyos, at nagawa niyang kumpletuhin ang atas ng Diyos: Siya lamang ang pinili sa buong sangkatauhan.

Sa mga mata ng Diyos, si Noe ang kaisa-isang pinili Niya na magsakatuparan ng gayon kadakilang gawain ng pagtatayo ng arka. Ano ang natagpuan kay Noe? Dalawang bagay: tunay na pananalig at tunay na pagpapasakop. Sa puso ng Diyos, ito ang mga pamantayang hinihingi Niya sa mga tao. Simple, hindi ba? (Oo.) Taglay ng “kaisa-isang pinili” ang dalawang bagay na ito, mga bagay na napakasimple—subalit maliban kay Noe, hindi matatagpuan ang mga ito sa ibang tao. Sabi ng ilang tao, “Paano nangyari iyon? Tinalikuran namin ang mga pamilya at propesyon namin, tinalikuran namin ang trabaho, mga kinabukasan, at pag-aaral, inabandona namin ang mga pag-aari at mga anak namin. Tingnan Mo kung gaano kalaki ang pananalig namin, kung gaano namin kamahal ang Diyos! Paano kami naging mas mababa kaysa kay Noe? Kung hihingin sa amin ng Diyos na bumuo ng arka—napakaunlad na ng makabagong industriya, hindi ba’t may mapagkukunan kami ng kahoy at maraming kagamitan? Kaya naming magtrabaho sa ilalim ng init ng araw kung gagamit kami ng mga makinarya; kaya rin naming

magtrabaho mula buwang-liwayway hanggang takipsilim. Bakit masyadong pinalalaki ang usapin ng pagkompleto sa isang maliit na trabahong katulad nito? Inabot si Noe ng 100 taon, pero gagawin namin iyon nang mas mabilis para hindi mabalisa ang Diyos—aabutin lamang kami ng 10 taon. Sinabi Mo na si Noe ang kaisa-isang pinili, pero ngayon, maraming perpektong kandidato; ang mga taong katulad namin na tumalikod na sa kanilang mga pamilya at propesyon, na may tunay na pananalig sa Diyos, na tunay na ginugugol ang kanilang sarili—lahat sila ay mga perpektong kandidato. Paano Mo nasabi na si Noe ang tanging pinili? Napakaliit ng tingin Mo sa amin, ano?” May problema ba sa mga salitang ito? (Mayroon.) Sinasabi ng ilang tao, “Noong panahon ni Noe, napakaatrasado pa ng agham at teknolohiya, wala siyang kuryente, walang mga makabagong makina, ni wala man lamang pinakasimpleng mga electric drill at chainsaw, o maging mga pako. Paano niya nagawang mabuo ang arka? Mayroon na tayo ng lahat ng bagay na ito ngayon. Hindi ba’t magiging napakadali para sa atin na kumpletuhin ang atas na ito? Kung nagsalita sa atin ang Diyos mula sa langit at sinabi sa atin na bumuo ng arka, kalimutan mo na ang paggawa lamang ng iisa—madali nating mabubuo ang 10 ganoon. Balewala iyan, napakadaling gawin. O Diyos, iutos Mo sa amin ang anumang nais Mo. Anuman ang kailangan Mo, sabihin Mo sa amin. Ni hindi magiging mahirap para sa napakarami sa amin na magbuo ng isang arka! Makakaya naming buuin ang 10, 20, kahit 100. Kahit gaano karami ang gusto Mo.” Gayon ba kasimple ang mga bagay-bagay? (Hindi.) Sa sandaling sabihin Ko na si Noe ang kaisa-isang pinili, gustong makipagtunggalian ng ilang tao sa Akin, hindi sila kumbinsido: “Maganda ang iniisip Mo tungkol sa mga sinauna dahil wala sila rito. Ang mga tao sa ngayon ay nasa harap Mo, ngunit hindi Mo nakikita kung ano ang napakabuti tungkol sa kanila. Bulag Ka sa lahat ng mabubuting bagay na nagawa ng mga tao sa ngayon, sa lahat ng kanilang mabuting gawa. Isang maliit na bagay lamang ang ginawa ni Noe; hindi ba’t dahil walang industriya noon, at mahirap ang lahat ng pisikal na trabaho, kaya iniisip Mo na ang ginawa niya ay nararapat na matandaan, kaya iniisip Mo na siya ay isang halimbawa, isang huwaran, at bulag Ka sa pagdurusa ng mga tao sa kasalukuyan at sa halagang ibinabayad namin para sa Iyo, at sa aming pananalig ngayon?” Ganito ba ang sitwasyon? (Hindi.) Anuman ang kapanahunan o panahon, anumang uri ng mga kalagayan ng paligid na pinamumuhayan ng mga tao, balewala ang materyal na mga bagay na ito at ang pangkalahatang kapaligiran, hindi mahalaga ang mga ito. Ano ang mahalaga? Ang pinakamahalaga ay hindi ang kapanahunan kung kailan ka nabubuhay, o kung naging bihasa ka na sa anumang uri ng teknolohiya, ni kung ilan sa mga salita ng Diyos ang nabasa o narinig mo. Ang pinakamahalaga ay kung mayroon ba o walang tunay na pananalig ang mga tao, kung mayroon ba o wala silang tunay na pagpapasakop. Ang dalawang bagay na ito ang pinakamahalaga, at hindi maaaring mawala ang alinman dito. Kung napunta kayo sa panahon ni Noe, sino sa inyo ang makakakompleto ng atas na ito? Lakas-loob Kong sinasabi na kahit sama-sama kayong gumawa, hindi ninyo ito maisasakatuparan. Hindi ninyo kakayaning gawin kahit ang kalahati nito. Bago pa

maihanda ang lahat ng kagamitan, marami na sa inyo ang tatakbo, magrereklamo tungkol sa Diyos, at magdududa sa Kanya. Magagawa ng iilan sa inyo na magpursige nang sobrang nahihirapan, na magpursige dahil sa inyong katatagan, kasigasigan, at kaisipan. Ngunit gaano katagal kayo makakapagpursige? Anong uri ng motibasyon ang kailangan ninyo para magpatuloy? Ilang taon kayo tatagal nang walang tunay na pananalig at tunay na pagpapasakop? Depende ito sa karakter. Ang mga may mas mabuting karakter at kaunting konsensiya ay maaaring tumagal nang walo o 10 taon, 20 o 30, siguro ay kahit 50 pa. Ngunit pagkaraan ng 50 taon, iisipin nila sa kanilang sarili, “Kailan paparito ang Diyos? Kailan darating ang baha? Kailan lilitaw ang palatandaang bigay ng Diyos? Ginugol ko na ang buong buhay ko sa paggawa ng isang bagay. Paano kung hindi dumating ang baha? Buong buhay na akong nagdusa nang husto, nagtiyaga na ako nang 50 taon—sapat na iyon, hindi iyon tatandaan o kokondenahin ng Diyos kung susuko ako ngayon. Kaya, mamumuhay ako para sa sarili ko. Hindi nagsasalita o tumutugon ang Diyos. Ginugugol ko ang buong araw sa pagtingin sa bughaw na langit at puting mga ulap at wala akong nakikita. Nasaan ang Diyos? Siya na minsan ay dumagundong at nagsalita—ang Diyos ba iyon? Guni-guni ba iyon? Kailan ito magwawakas? Walang pakialam ang Diyos. Paano man ako humingi ng tulong, ang tanging naririnig ko ay katahimikan, at hindi Niya ako binibigyang-liwanag o ginagabayan kapag nagdarasal ako. Kalimutan mo na!” Mayroon pa ba silang tunay na pananalig? Sa paglipas ng panahon, malamang na lalo pa silang mapuno ng pagdududa. Pag-iisipan nila na magbago na, hahanap sila ng lulusutan, isasantabi nila ang atas ng Diyos, at pababayaan ang kanilang panandaliang kasigasigan at panandaliang mga panunumpa; gugustuhin nilang kontrolin ang sarili nilang kapalaran at mabuhay ayon sa nais nila, kalilimutan nila ang atas ng Diyos. At, balang araw, kapag personal na pumarito ang Diyos para himukin silang magpatuloy, kapag nagtanong Siya tungkol sa pag-usad ng pagbubuo sa arka, sasabihin nila, “Ah! Umiiral talaga ang Diyos! Mayroon pala talagang Diyos. Kailangan kong magtayo na agad!” Kung hindi nagsalita ang Diyos, kung hindi Niya sila minadali, hindi nila makikita na madalian ang bagay na ito; iisipin nila na makapaghihintay ito. Ang gayong pabago-bagong isip, ang saloobing ito ng nag-aatubiling makaraos lang—ito ba ang saloobin na dapat ipakita ng mga taong may tunay na pananalig? (Hindi.) Maling magkaroon ng gayong saloobin, nangangahulugan ito na wala silang tunay na pananalig, lalong wala silang tunay na pagpapasakop. Kapag personal na nagsalita sa iyo ang Diyos, ang panandalian mong kasigasigan ay magpapahiwatig ng pananalig mo sa Diyos, ngunit kapag isinantabi ka ng Diyos, at hindi ka hinimok, o pinangasiwaan, o tinanong, mawawala na ang iyong pananalig. Lilipas ang panahon, at kapag hindi nagsalita o nagpakita sa iyo ang Diyos, at hindi nagsagawa ng anumang pagsusuri sa iyong gawain, lubos na maglalaho ang iyong pananalig; gugustuhin mong isabuhay ang sarili mong buhay, at magsagawa ng sarili mong proyekto, at malilimutan mo na ang atas ng Diyos; ang iyong kasigasigan, mga panunumpa, at determinasyon noong panahong iyon ay mababalewala. Palagay ba ninyo ay mangangahas ang Diyos

na ipagkatiwala ang isang napakahalagang gawain sa isang taong katulad nito? (Hindi.) Bakit hindi? (Hindi sila mapagkakatiwalaan.) Tama iyan. Dalawang salita: hindi mapagkakatiwalaan. Wala kang tunay na pananalig. Hindi ka mapagkakatiwalaan. Kaya nga, hindi ka karapat-dapat na pagkatiwalaan ng Diyos ng anumang bagay. Sabi ng ilang tao, “Bakit ako hindi karapat-dapat? Isasagawa ko ang anumang atas na ipagkatiwala sa akin ng Diyos—malay natin, baka sakaling maisakatuparan ko ito.” Magagawa mong gawin ang mga bagay-bagay sa pang-araw-araw mong buhay nang walang pag-iingat, at hindi mahalaga kung kulang nang kaunti ang mga resulta nito. Ngunit ang mga bagay na ipinagkatiwala ng Diyos, na nais ng Diyos na maisakatuparan—kailan ba naging simple ang mga iyon? Kung ipinagkatiwala ang mga iyon sa isang taong hangal o madaya, sa taong pabaya sa lahat ng kanyang ginagawa, sa isang tao na malamang na kumilos nang hindi matapat matapos tanggapin ang isang atas, sa lahat ng dako at sa anumang oras, hindi ba’t maaantala niyon ang isang mahalagang gawain? Kung hinilingan kayong pumili, kung ipagkakatiwala ninyo ang isang mahalagang gawain sa isang tao, sa anong uri ng tao mo ito ipagkakatiwala? Anong uri ng tao ang pipiliin mo? (Isang taong mapagkakatiwalaan.) Kahit papaano, ang taong ito ay kailangang maaasahan, may karakter, at anumang oras, o gaano man kalalaking hirap ang kanyang maranasan, ibibigay niya ang kanyang buong puso at lakas sa pagkompleto sa kung ano ang ipinagkatiwala mo sa kanya, at mag-uulat siya sa iyo. Kung ganyan ang uri ng tao na pipiliin ng mga tao na pagkatiwalaan ng gampanin, paano pa ang Diyos! Kaya, para sa mahalagang kaganapang ito, ang pagwasak sa mundo sa pamamagitan ng mga baha, isang kaganapang nangailangan ng pagbuo ng isang arka, at isang taong karapat-dapat na manatiling buhay, sino ang pipiliin ng Diyos? Una, sa teorya, pipiliin Niya ang isang taong nararapat manatiling buhay, na akmang mabuhay sa susunod na panahon. Sa totoo lang, bago ang lahat ng iba pa, ang taong ito ay kailangang magawang sumunod sa mga salita ng Diyos, kailangan ay may tunay na pananalig siya sa Diyos, at dapat niyang tratuhin ang anumang sinabi ng Diyos bilang mga salita ng Diyos—anuman ang kasangkutan nito, umayon man ito sa sarili niyang mga kuru-kuro, umayon man sa kanyang panlasa, umayon man sa sarili niyang kalooban o hindi. Anuman ang ipagawa sa kanya ng Diyos, hindi niya dapat itatwa ang pagkakakilanlan ng Diyos kailanman, kailangan niyang ituring palagi ang kanyang sarili bilang isang nilikha, at laging ituring ang pagsunod sa mga salita ng Diyos bilang isang sagradong tungkulin niya; ito ang uri ng taong pagkakatiwalaan ng Diyos ng partikular na gawaing ito. Sa puso ng Diyos, si Noe ay gayong klase ng tao. Hindi lamang siya isang taong karapat-dapat na manatiling buhay sa bagong panahon, kundi isa rin siyang taong maaaring magpasan ng mabigat na responsabilidad, na kayang magpasakop sa mga salita ng Diyos, nang walang kompromiso, hanggang sa kahuli-hulihan, at gagamitin ang kanyang buhay para kumpletuhin ang ipinagkatiwala sa kanya ng Diyos. Ito ang natagpuan ng Diyos kay Noe. Mula sa sandaling tinanggap ni Noe ang atas ng Diyos, hanggang sa sandaling nakumpleto niya ang bawat isang trabahong ipinagkatiwala sa kanya—sa

buong panahong ito, ganap na krusyal ang papel na ginampanan ng pananalig at saloobin ng pagpapasakop ni Noe sa Diyos; kung wala ang dalawang bagay na ito, hindi sana natapos ang gawain, at hindi sana naisakatuparan ang atas na ito.

Kung sa pagtanggap ng atas ng Diyos ay mayroong sariling mga ideya, plano, at kuru-kuro si Noe, paano kaya magbabago ang buong gawain? Una, nang maharap sa bawat detalyeng ipinarating sa kanya ng Diyos—ang mga espesipikasyon at uri ng materyales, ang mga pamamaraan at metodo ng pagtatayo ng buong arka, at ang sukat at laki ng buong arka—nang marinig ni Noe ang lahat ng ito, naisip kaya niya, “Ilang taon kaya bubuuin ang isang bagay na ganito kalaki? Gaano kalaking pagsisikap at hirap kaya ang kakailanganin para mahanap ang lahat ng materyales na ito? Mapapagod ako! Siguradong iiksi ang buhay ko sa ganitong kapaguran, hindi ba? Ang tanda-tanda ko na, subalit ayaw akong pagpahingahin ng Diyos, at hinihingi sa aking gawin ang isang bagay na napakahirap gawin—makakaya ko kaya ito? Gagawin ko ito, ngunit may mautak akong ideya: gagawin ko na lang nang pabasta-basta ang sinasabi ng Diyos. Sinabi ng Diyos na humanap ako ng isang uri ng pine na hindi tinatagusan ng tubig. Nakarinig ako ng isang lugar kung saan may makukuha akong ilan, ngunit medyo malayo at lubhang mapanganib doon. Kakailanganin ng malaking pagsisikap para mahanap at makuha iyon, kaya paano kaya kung maghanap na lamang ako ng katulad na klase niyon sa malapit bilang kapalit, na halos katulad noon? Hindi iyon gaanong peligroso at hindi gaanong mahirap gawin—ayos na rin iyon, hindi ba?” Nagkaroon ba ng gayong mga plano si Noe? Kung nagkaroon siya, tunay na pagpapasakop ba ito? (Hindi.) Halimbawa: Sinabi ng Diyos na dapat ay 100 metro ang taas ng arka. Nang marinig ito, naisip kaya niya, “Napakataas ng isandaang metro, walang makakaakyat doon. Hindi ba’t magiging napakamapanganib na umakyat at magtrabaho rito? Kaya gagawin kong medyo mababa ang arka, gagawin ko itong 50 metro. Hindi iyan gaanong mapanganib at mas madaling makakaakyat ang mga tao. Ayos lang iyon, hindi ba?” Naisip kaya ni Noe ang mga iyon? (Hindi.) Kung naisip niya iyon, sa palagay ba ninyo ay mali ang taong napili ng Diyos? (Oo.) Ang tunay na pananalig at pagpapasakop ni Noe sa Diyos ay nagtulot sa kanya na isantabi ang sarili niyang kagustuhan; kahit naisip niya ang mga iyon, hinding-hindi siya kikilos ayon sa mga iyon. Sa puntong ito, alam ng Diyos na mapagkakatiwalaan si Noe. Una, hindi gagawa si Noe ng anumang mga pagbabago sa mga detalyeng itinakda ng Diyos, ni hindi niya idaragdag ang anuman sa sarili niyang mga ideya, lalo nang hindi niya babaguhin ang anuman sa mga detalyeng itinakda ng Diyos para sa sarili niyang personal na kapakinabangan; sa halip ay isasagawa niya nang tumpak ang lahat ng iniutos ng Diyos, at gaano man kahirap makuha ang mga materyales para magbuo ng arka, gaano man kahirap o nakakapagod ang gawain, ginawa niya ang lahat ng makakaya niya, at ginamit niya ang lahat ng lakas niya para makompleto ito nang maayos. Hindi ba’t ito ang dahilan kaya siya mapagkakatiwalaan? At ito ba ay totoong pagpapamalas ng tunay niyang pagpapasakop sa Diyos? (Oo.) Ganap ba ang pagpapasakop na ito? (Oo.) At wala itong bahid ng anuman, wala itong

bahid ng kanyang sariling mga ingklinasyon, hindi ito nahaluan ng mga personal na plano, lalong hindi ito nadumihan ng mga personal na kuru-kuro o interes; sa halip, ito ay dalisay, simple, at ganap na pagpapasakop. At madali bang makamtan ito? (Hindi.) Maaaring hindi sumang-ayon ang ilang tao: “Ano ang napakahirap tungkol diyan? Hindi ba’t kailangan lang dito na hindi siya mag-iisip, na maging parang robot, na ginagawa ang anumang sabihin ng Diyos—hindi ba’t madali iyon?” Pagdating ng oras na kailangan nang kumilos, lumilitaw ang mga suliranin; palaging nagbabago-bago ang isipan ng mga tao, lagi silang may sariling mga ingklinasyon, kaya nga malamang na magduda sila kung kaya bang maisagawa ang mga salita ng Diyos; madali para sa kanila na tanggapin ang mga salita ng Diyos kapag naririnig nila ang mga ito, ngunit kapag dumating na ang oras para kumilos, nahihirapan na sila; sa sandaling magsimula ang hirap, malamang na maging negatibo sila, at hindi madali para sa kanila na magpasakop. Kung gayon, halata naman na ang karakter ni Noe at ang kanyang tunay na pananalig at pagpapasakop, ay tunay na nararapat na tularan. Malinaw na ba sa inyo kung paano tumugon at nagpasakop si Noe nang naharap siya sa mga salita, utos, at hinihingi ng Diyos? Ang pagpapasakop na ito ay walang bahid ng personal na mga ideya. Inobliga ni Noe ang kanyang sarili na magkaroon ng ganap na pagpapasakop, pagsunod, at pagpapatupad ng mga salita ng Diyos, nang hindi nalilihis ng landas, o nanlalansi, o sinusubukang maging mautak, nang hindi nagkakaroon ng mataas na opinyon tungkol sa kanyang sarili at nag-iisip na maaari siyang magmungkahi sa Diyos, na maaari niyang idagdag ang sarili niyang mga ideya sa mga utos ng Diyos, at nang hindi nag-aambag ng sarili niyang mabubuting hangarin. Hindi ba’t ito ang dapat isagawa kapag sinusubukang magkamit ng ganap na pagpapasakop?

Gaano katagal binuo ni Noe ang arka matapos siyang utusan ng Diyos na gawin iyon? (Isandaan at dalawampung taon.) Sa loob ng 120 taon na ito, ginawa ni Noe ang isang bagay: Binuo niya ang arka at kinalap ang iba’t ibang uri ng may buhay na nilikha. At bagama’t iisang bagay lamang ito, hindi maraming iba’t ibang gawain, ang isang bagay na ito ay nangailangan ng napakalaking trabaho. Ano ang layon ng paggawa nito? Bakit niya binuo ang arkang ito? Ano ang pakay at kabuluhan ng paggawa nito? Iyon ay upang ang bawat uri ng nabubuhay na nilalang ay makaligtas kapag winasak ng Diyos ang mundo sa pamamagitan ng baha. Kaya, ginawa ni Noe ang kanyang ginawa para ihanda ang pananatiling buhay ng bawat uri ng may buhay na nilikha bago wasakin ng Diyos ang mundo. At para sa Diyos, napakaapurahan ba ng usaping ito? Sa tono ng pananalita ng Diyos, at sa diwa ng iniutos ng Diyos, narinig ba ni Noe ang pag-aapura ng Diyos, at na agaran ang layunin Niya? (Oo.) Sabihin, halimbawa, na sinabihan kayo, “Parating na ang salot. Nagsimula na ito sa mundo sa labas. Mayroon kayong gagawing isang bagay, at bilisan ninyo ito: Magmadali kayong bumili ng pagkain at mga mask. Iyon lamang!” Ano ang naririnig ninyo rito? Madalian ba ito? (Oo.) Kaya kailan ito dapat gawin? Dapat ba kayong maghintay hanggang sa susunod na taon, sa taong kasunod pa niyon, o ilang taon mula ngayon? Hindi—ito ay isang apurahang gawain, isang

mahalagang bagay. Isantabi ang lahat ng iba pa at asikasuhin muna ito. Ito ba ang naririnig ninyo mula sa mga salitang ito? (Oo.) Kaya ano ang dapat gawin ng mga mapagpasakop sa Diyos? Dapat nilang isantabi kaagad ang kasalukuyang gampanin nila. Wala nang iba pang mahalaga. Apuradong-apurado ang Diyos tungkol sa bagay na kakautos lang Niyang gawin; wala sila dapat na aksayahing oras sa paggawa at pagsasakatuparan ng gampanin, na agaran para sa Diyos at pinaka-ipinag-aalala ng Diyos; dapat nila itong kumpletuhin bago isagawa ang ibang mga trabaho. Ito ang ibig sabihin ng pagpapasakop. Ngunit kung susuriin mo ito sa pag-iisip na, “Parating ang isang salot? Kumakalat ito? Kung kumakalat ito, hayaan lamang itong kumalat—hindi ito kumakalat sa amin. Kung mangyari iyon, saka na lang namin ito haharapin. Pagbili ng mga mask at pagkain? Palaging may nabibiling mga mask. At hindi mahalaga kung magsuot ka nito o hindi. May pagkain pa rin naman tayo ngayon, bakit aalalahanin iyon? Bakit nagmamadali? Maghintay lang hanggang sa makarating dito ang salot. Abala tayo sa ngayon,” pagpapasakop ba ito? (Hindi.) Ano ito? Kolektibo itong tinatawag na paghihimagsik. Sa mas partikular, ito ay pagsasawalang-bahala, pagtutol, pag-aanalisa, at pagsusuri, gayundin ang pagkakaroon ng paghamak sa puso ng isang tao, iniisip nila na hindi ito maaaring mangyari kailanman, at hindi sila naniniwala na totoo ito. Mayroon bang tunay na pananalig sa gayong saloobin? (Wala.) Ang kabuuan nilang kalagayan ay ganito: Patungkol sa mga salita ng Diyos, at sa katotohanan, walang paltos na mayroon silang saloobing magmabagal, magsawalang-bahala, magpabaya; sa puso nila, hindi nila talaga ito itinuturing na mahalaga. Iniisip nila, “Makikinig ako sa mga bagay na sinasabi Mo na nauugnay sa katotohanan, at sa Iyong matatayog na sermon—hindi ako mag-aatubiling isulat ang mga ito para hindi ko malimutan ang mga ito. Pero hindi nauugnay sa katotohanan ang mga bagay na sinasabi Mo tungkol sa pagbili ng pagkain at mga mask, kaya puwede kong tanggiin ang mga ito, puwede kong kutiyain ang mga ito sa puso ko, at puwede Kitang tratuhin nang may saloobin ng pagsasawalang-bahala at pagpapabaya; sapat nang nakikinig ako gamit ang aking mga tainga, ngunit wala Kang pakialam sa iniisip ko sa puso ko, wala Kang kinalaman dito.” Ganito ba ang saloobin ni Noe sa mga salita ng Diyos? (Hindi.) Ano ang nagpapakita na hindi siya ganito? Kailangan nating pag-usapan ang tungkol dito; ituturo nito sa iyo na ibang-iba ang saloobin ni Noe sa Diyos. At may mga totoong pangyayaring nagpapatunay rito.

Noong panahon na wala pang industriya, noong ang lahat ng bagay ay kailangang isagawa at kumpletuhin nang mano-mano, ang bawat mano-manong gawain ay napakahirap gawin at nangangailangan ng maraming oras. Nang marinig ni Noe ang atas ng Diyos, nang marinig niya ang lahat ng bagay na inilarawan ng Diyos, nadama niya ang kaseryosohan ng bagay na ito, at ang kalubhaan ng sitwasyon. Alam niya na wawasakin ng Diyos ang mundo. At bakit Niya gagawin ito? Dahil napakasama ng mga tao, hindi sila nanampalataya sa salita ng Diyos, at itinatwa pa nga nila ang salita ng Diyos, at kinasuklaman ng Diyos ang sangkatauhang iyon. Kinasuklaman ba ng Diyos ang sangkatauhang iyon nang isa o dalawang araw lamang? Sinabi ba ng Diyos, nang

pabugso-bugso, na “Hindi Ko gusto ngayon ang sangkatauhang ito. Lilipulin Ko ang sangkatauhang ito, kaya simulan mo na at gawan Ako ng arka”? Ito ba ang kaso? Hindi. Matapos marinig ang mga salita ng Diyos, naunawaan ni Noe ang ibig iparating ng Diyos. Hindi kinasuklaman ng Diyos ang sangkatauhang iyon nang isa o dalawang araw lamang; apurado Siyang wasakin ito, upang makapagsimulang muli ang sangkatauhan. Ngunit sa pagkakataong ito, hindi nais ng Diyos na muling lumikha ng isa pang sangkatauhan; sa halip ay pahihintulutan Niya si Noe na maging mapalad na makaligtas bilang pinuno ng susunod na kapanahunan, bilang ninuno ng sangkatauhan. Nang maarok niya ang aspektong ito ng pakahulugan ng Diyos, nadama ni Noe, sa kaibuturan ng kanyang puso, ang agarang layunin ng Diyos, nadama niya ang pagkaapura ng Diyos—kaya nga, nang magsalita ang Diyos, bukod pa sa pakikinig nang mabuti, maigi, at masigasig, may nadama si Noe sa kanyang puso. Ano ang nadama niya? Pag-aapura, ang emosyong dapat madama ng isang tunay na nilikha matapos maunawaan ang mga agarang layunin ng Lumikha. Kaya nga, ano ang naisip ni Noe sa kanyang puso, nang utusan siya ng Diyos na gumawa ng arka? Naisip niya, “Mula ngayon, walang kasinghalaga ng paggawa ng arka, walang kasinghalaga at kasing-apurahan nito. Narinig ko na ang mga salita mula sa puso ng Lumikha, naramdaman ko ang Kanyang agarang layunin, kaya hindi ako dapat magpaliban; kailangan kong gawin nang mabilisan ang arkang sinabi at hiningi ng Diyos.” Ano ang saloobin ni Noe? Ang saloobin niya ay hindi siya nangangahas na magpabaya. At sa anong paraan niya isinagawa ang paggawa ng arka? Nang walang pagpapaliban. Isinakatuparan at isinagawa niya ang bawat detalye ng sinabi at tinagubilin ng Diyos nang may buong pagmamadali, at nang buo niyang lakas, nang hindi man lang nagiging pabasta-basta. Sa kabuuan, ang naging saloobin ni Noe sa utos ng Lumikha ay pagpapasakop. Hindi siya walang pakialam dito, at walang paglaban sa kanyang puso, ni walang pagwawalang-bahala. Sa halip, masigasig niyang sinikap na unawain ang layunin ng Lumikha nang kinabisado niya ang bawat detalye. Nang maarok niya ang agarang layunin ng Diyos, nagpasya siyang bilisan ang kilos, upang makumpleto ang ipinagkatiwala sa kanya ng Diyos nang buong pagmamadali. Ano ang ibig sabihin ng “nang buong pagmamadali”? Ibig sabihin nito ay kumpletuhin, sa loob ng maikling panahon, ang trabaho na aabutin sana dati ng isang buwan, tapusin ito ng marahil ay tatlo o limang araw na mas maaga kaysa sa itinakdang panahon, nang hindi man lang nagmamabagal o nagpapaliban, kundi tuloy-tuloy na tinatrabaho ang buong proyekto sa abot ng kanyang makakaya. Natural na habang isinasakatuparan niya ang bawat trabaho, sisikapin niyang mabuti na mapaliit ang mga kawalan at pagkakamali, at hindi siya gagawa ng anumang trabaho na mangangailangan pang ulitin; natapos din niya ang bawat gawain at proseso nang nasa tamang oras at nagawa niya ang mga ito nang maayos, na ginagarantiyahan ang kalidad nito. Isa itong tunay na pagpapamalas ng hindi pagmamataagal. Kaya, ano ang paunang kinailangan para hindi siya magmataagal? (Narinig niya ang utos ng Diyos.) Oo, iyon ang paunang kinailangan at konteksto para dito. Ngayon, bakit nagawa ni Noe na hindi

magmatagal? Sinasabi ng ilang tao na taglay ni Noe ang tunay na pagpapasakop. Kung gayon, ano ang mayroon siya na nagdulot sa kanya na magkaroon ng gayong tunay na pagpapasakop? (Isinaalang-alang niya ang puso ng Diyos.) Tama iyan! Ito ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng puso! Ang mga taong may puso ay kayang isaalang-alang ang puso ng Diyos; yaong mga walang puso ay mga hungkag na lalagyan, mga hangal, hindi sila marunong magsaaalang-alang sa puso ng Diyos. Ang mentalidad nila ay: “Wala akong pakialam kung gaano ito kaapurahan para sa Diyos, gagawin ko ito sa paraang gusto ko—ano’t anuman, hindi ako nagiging batugan o tamad.” Ang ganitong uri ng saloobin, ang ganitong uri ng pagiging negatibo, ang lubos na kawalan ng pagiging maagap—hindi ito isang taong nagsasaalang-alang sa puso ng Diyos, ni hindi niya nauunawaan kung paano isaalang-alang ang puso ng Diyos. Kung ganyan ang kaso, nagtataglay ba siya ng tunay na pananalig? Talagang hindi. Isinasaalang-alang ni Noe ang puso ng Diyos, may tunay siyang pananalig, kaya’t nagawa niyang tapusin ang atas ng Diyos. Kaya naman, hindi sapat na tanggapin lang ang atas ng Diyos at maging handang magsikap nang kaunti. Dapat isaalang-alang mo rin ang mga layunin ng Diyos, ibuhos ang lahat ng makakaya mo, at maging matapat—kung saan kailangan mong magkaroon ng konsensiya at katwiran; ito ang dapat taglayin ng mga tao, at ito ang nasumpungan kay Noe. Ano ang masasabi ninyo, para magawa ang ganoon kalaking arka noong panahong iyon, ilang taon kaya ang aabutin kung nagmabagal si Noe, at siya ay walang nadamang pag-aapura, walang pagkaligalig, walang kahusayan? Natapos kaya sana ito sa loob ng 100 taon? (Hindi.) Maaari itong abutin nang ilang henerasyon ng patuloy na paggawa. Sa isang banda, ang paggawa ng isang solidong bagay na tulad ng isang arka ay aabutin nang maraming taon; bukod pa ryan, ganoon din ang pangangalap at pag-aalaga sa lahat ng nilikha na may buhay. Madali bang mangalap ng mga nilikhang ito? (Hindi.) Hindi. Kaya nga, matapos marinig ang mga utos ng Diyos, at maarok ang agarang layunin ng Diyos, nadama ni Noe na hindi iyon magiging madali at hindi magiging simple. Natanto niya na kailangan niya itong isakatuparan ayon sa mga kagustuhan ng Diyos, at kumpletuhin ang atas na ibinigay ng Diyos, upang mapalugod at mapanatag ang loob ng Diyos, upang ang sumunod na hakbang ng gawain ng Diyos ay makapagpatuloy nang maayos. Gayon ang puso ni Noe. At anong uri ng puso ito? Isa itong pusong nagsasaalang-alang sa mga layunin ng Diyos. Batay sa pag-uugali ni Noe sa paggawa ng arka, tunay na isa siyang tao na may malaking pananalig at hindi siya nagkaroon ng alinlangan sa salita ng Diyos sa loob ng isandaang taon. Ano ang sinandigan niya? Pinagbatayan niya ang pananalig at pagpapasakop niya sa Diyos. Nagawang magpasakop nang lubusan ni Noe. Ano ang mga detalye ng lubos na pagpapasakop niya? Ito ay ang kanyang pagsasaalang-alang. Taglay ba ninyo ang ganitong puso? (Hindi.) Kaya ninyong magsalita ng mga doktrina at magpahayag ng mga islogan, pero hindi ninyo kayang magsagawa, at kapag nahaharap sa mga suliranin, hindi ninyo maisakatuparan ang mga utos ng Diyos. Kapag nagsasalita kayo, napakalinaw ninyong magsalita, pero pagdating sa mga aktuwal na gawain at

nahaharap kayo sa ilang suliranin, nagiging negatibo kayo, at kapag nagdurusa kayo nang kaunti, nagsisimula kayong magreklamo, gusto ninyong sumuko na lang. Kung walang malakas na ulan sa loob ng walo o sampung taon, magiging negatibo kayo at pagdududahan ninyo ang Diyos, at kung lumipas pa ang dalawampung taon na walang malakas na ulan, patuloy pa rin ba kayong magiging negatibo? Gumugol si Noe ng mahigit 100 taon sa paggawa ng arka at hindi siya kailanman naging negatibo o nagduda sa Diyos, patuloy lang siya sa paggawa ng arka. Sino pa bukod kay Noe ang makakagawa nito? Sa anong mga paraan kayo nagkukulang? (Wala kaming normal na pagkatao o konsensiya.) Tama iyan. Hindi ninyo taglay ang karakter ni Noe. Ilang katotohanan ang naunawaan ni Noe? Sa tingin ninyo, mas maraming katotohanan ba ang naunawaan niya kaysa sa inyo? Nakapakinig na kayo ng napakaraming sermon. Ang mga misteryo ng pagkakatawang-tao ng Diyos, ang katotohanang nakapaloob sa tatlong yugto ng gawain ng Diyos, ang plano ng pamamahala ng Diyos; ang mga ito ang pinakamataas at pinakamalalim na mga misteryong ipinahayag sa sangkatauhan, at malinaw na sa inyo ang lahat ng ito, kaya bakit hindi pa rin ninyo taglay ang pagkatao ni Noe at hindi pa rin ninyo magawa ang nagawa ni Noe? Napakababa ng pananalig at pagkatao ninyo kumpara kay Noe! Masasabing wala kayong tunay na pananalig, o ng pinakamaliit na konsensiya o katwiran na dapat taglayin sa loob ng pagkatao. Bagaman napakarami na ninyong napakinggang sermon at sa panlabas, parang nauunawaan ninyo ang mga katotohanan, hindi mababago agad-agad ang kalidad ng pagkatao ninyo at ang tiwaling disposisyon ninyo sa pamamagitan ng pakikinig ng mas maraming sermon o sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga katotohanan. Kung walang pagkilatis sa mga bagay na ito, pakiramdam ng mga tao na hindi sila masyadong mababa kumpara sa mga banal noong unang panahon, iniisip nila, “Tinatanggap din namin ngayon ang atas ng Diyos at nakikinig kami sa salita ng Diyos mula sa bibig Niya mismo. Sineseryoso rin namin ang bawat bagay na ipinapagawa ng Diyos sa amin. Nakikipagbahaginan ang lahat nang sama-sama tungkol sa mga bagay na ito, at pagkatapos ay ginagawa ang mga gawain ng pagpapalano, pagtatalaga, at pagpapatupad ng mga bagay-bagay. Paano kami naiiba sa mga banal noong unang panahon?” Malaki ba o hindi ang nakikita ninyong pagkakaiba ngayon? Napakalaki nito, lalo na sa aspekto ng karakter. Labis na tiwali, makasarili, at kasuklam-suklam ang mga tao sa kasalukuyan! Hindi sila kikilos maliban kung makikinabang sila! Sobrang nakakapagod para sa kanila ang paggawa ng mabubuting bagay at paghahanda ng mabubuting gawa! Gusto nilang gumawa ng isang tungkulin pero wala silang pagpupursige, gusto nilang magdusa pero hindi nila ito kaya, gusto nilang magbayad ng halaga pero hindi nila ito magawa, gusto nilang isagawa ang katotohanan pero hindi nila ito maisakatuparan, at gusto nilang mahalin ang Diyos pero hindi nila ito maisagawa. Sabihin ninyo sa Akin, kung gaano kalaki ang kakulangan ng ganitong uri ng pagkatao! Gaano karaming katotohanan ang kailangang maunawaan at taglayin para mapunan ito?

Katatapos lamang nating magbahaginan tungkol sa pagsasaalang-alang ni Noe sa mga layunin ng Diyos, na isang mahalagang bahagi ng kanyang pagkatao. Mayroon

pang isa—ano iyon? Matapos marinig ang mga salita ng Diyos, nalaman ni Noe ang isang katotohanan; kaya nalaman din niya kung ano ang plano ng Diyos. Ang plano ay hindi ang simpleng bumuo ng arka para magsilbing isang bantayog, o lumikha ng isang amusement park, o gumawa ng isang malaking gusali bilang isang tanda ng lugar—hindi ganoon iyon. Mula sa sinabi ng Diyos, alam ni Noe ang isang katunayan: kinasusuklanan ng Diyos ang sangkatauhan ito, na buktot, at napagdesisyunan na Niya na lipulin ang sangkatauhan ito sa pamamagitan ng baha. Samantala, ang mga mananatiling buhay sa sumunod na panahon ay ililigtas ng arkang ito mula sa mga baha; tutulutan nitong makaligtas sila. At ano ang pangunahing isyu sa katotohanang ito? Na wawasakin ng Diyos ang mundo sa pamamagitan ng baha, at layon Niyang bumuo ng arka si Noe at manatiling buhay, at ang bawat uri ng nilikha na may buhay ay manatiling buhay, ngunit malilipol ang sangkatauhan. Malaking bagay ba ito? Hindi ito maliit na bagay na pampamilya, ni hindi ito maliit na bagay tungkol sa isang indibidwal o isang tribo; sa halip, sangkot dito ang isang malaking operasyon. Anong uri ng malaking operasyon? Isang operasyong may kaugnayan sa plano ng pamamahala ng Diyos. May gagawing malaking bagay ang Diyos, isang bagay na sangkot ang buong sangkatauhan, at may kaugnayan sa Kanyang pamamahala, sa Kanyang saloobin sa sangkatauhan, at sa kapalaran nito. Ito ang ikatlong impormasyon na nalaman ni Noe nang ipagkatiwala sa kanya ng Diyos ang gampaning ito. At ano ang naging saloobin ni Noe nang marinig niya ito mula sa mga salita ng Diyos? Siya ba ay nanampalataya, nagduda, o lubos na ayaw maniwala? (Nanampalataya.) Gaano siya naniwala? At anong mga katotohanan ang nagpapatunay na pinaniwalaan niya ito? (Nang marinig niya ang mga salita ng Diyos, sinimulan niyang isagawa ang mga ito, at binuo ang arka tulad ng sinabi ng Diyos, na nangangahulugan na ang kanyang saloobin sa mga salita ng Diyos ay ang manampalataya.) Mula sa lahat ng ipinakita ni Noe—mula sa antas ng pagsasagawa at pagsasakatuparan matapos tanggapin ni Noe ang ipinagkatiwala sa kanya ng Diyos, hanggang sa katotohanan ng naisagawa sa huli—makikita na lubos ang pananampalataya ni Noe sa bawat salitang binigkas ng Diyos. Bakit may lubos siyang pananampalataya? Bakit wala siyang mga pagdududa? Paano nangyari na hindi niya sinubukang magsuri, na hindi niya sinuri ito sa kanyang puso? Sa ano ito nauugnay? (Pananalig sa Diyos.) Tama iyan, ito ang tunay na pananalig ni Noe sa Diyos. Samakatwid, pagdating sa lahat ng bagay na sinabi ng Diyos at sa Kanyang bawat salita, hindi lamang pinakinggan at tinanggap ni Noe ang mga ito; sa halip ay mayroon siyang tunay na kaalaman at pananalig sa kaibuturan ng kanyang puso. Bagama't hindi sinabi sa kanya ng Diyos ang iba't ibang detalye, tulad ng kailan darating ang mga baha, o ilang taon ang lilipas bago dumating ang mga ito, o gaano kalaki ang mga bahang ito, o ano ang magiging hitsura ng mundo pagkatapos itong wasakin ng Diyos, nanampalataya si Noe na lahat ng sinabi ng Diyos ay katunayan na. Hindi itinuring ni Noe ang mga salita ng Diyos na isang kuwento, o isang alamat, o isang kasabihan, o isang piraso ng sulat, kundi nanampalataya siya sa kaibuturan ng kanyang puso at sigurado siya, na gagawin ito ng Diyos, at walang

sinuman ang maaaring makapagbago sa pinagpasyahang isakatuparan ng Diyos. Naramdaman ni Noe na maaari lamang magkaroon ng isang saloobin ang mga tao sa mga salita ng Diyos at sa nais gawin ng Diyos, iyon ay ang tanggapin ang katunayang ito, magpasakop sa utos ng Diyos, at isagawa nang maayos ang mga gampaning hinihingi ng Diyos na isagawa nila—ito ang saloobin ni Noe. At ito ay dahil mismo sa mayroong gayong saloobin si Noe—hindi nanunuri, hindi nag-uusisa, hindi nagdududa, subalit nananampalataya mula sa kaibuturan ng kanyang puso, at pagkatapos ay nagpapasyang isagawa ang hiningi ng Diyos, at gawin ang parte niya sa kung ano ang nais ng Diyos na maisagawa—dahil dito mismo kaya naisakatuparan ang pagbuo sa arka at pagkalap at pagkaligtas ng bawat uri ng nilikha na may buhay. Kung nagduda si Noe noong marinig ni Noe na sinabi ng Diyos na wawasakin Niya ng mga baha ang mundo; kung hindi naglakas-loob si Noe na manampalataya rito, dahil hindi pa niya ito nakikita, at hindi niya alam kung kailan mangyayari ito, dahil maraming bagay na walang nakakaalam, naapektuhan kaya ang kanyang mentalidad at paninindigan sa pagbubuo ng arka, nagbago kaya ito? (Oo.) Paano kaya ito nagbago? Habang binubuo ang arka, maaaring maging pabasta-basta siya sa paggawa niyon, maaaring balewalain niya ang mga detalyeng sinabi ng Diyos, o hindi niya kinalap ang bawat uri ng nilikha na may buhay sa loob ng arka tulad ng hiniling ng Diyos; sinabi ng Diyos na kailangang may isang lalaki at isang babae, kung saan ay maaaring nasabi niyang, “Para sa ilan sa kanila, sapat na ang magkaroon lamang ng isang babae. Hindi ko matagpuan ang ilan sa kanila, kaya kakalimutan ko na lang sila. Wala namang nakakaalam kung kailan mangyayari ang pagbahang wawasak sa mundo.” Ang dakilang gawain na buuin ang arka at mangalap ng bawat uri ng nilikha na may buhay ay inabot nang 120 taon. Nagpursige kaya si Noe sa loob nitong 120 taon kung wala siyang tunay na pananalig sa mga salita ng Diyos? Talagang hindi. Sa panghihimasok ng mundo sa labas, at iba’t ibang reklamo mula sa mga miyembro ng kanilang pamilya, para sa isang taong hindi nananampalataya na totoo ang mga salita ng Diyos, ang pagbubuo ng arka ay magiging napakahirap isagawa, lalo na kung aabutin ito nang 120 taon. Noong huli, tinanong Ko kayo kung mahabang panahon ba ang 120 taon. Sumang-ayon kayong lahat. Tinanong Ko kayo kung gaano kahabang panahon ang itatagal ninyo, at nang tanungin Ko kayo kalaunan kung makakayanan ninyo ang 15 araw, walang nagsabi sa inyo na kaya ninyo, at labis Akong nadismaya. Napakababa ninyo kumpara kay Noe. Hindi kayo kapantay ng isang buhok sa kanyang ulo, ni wala kayo ng isang ikasampu ng kanyang pananalig. Kahabag-habag kayo! Sa isang banda, napakababa ng inyong pagkatao at integridad. Ang isa pa, masasabi na halos hindi ninyo hinahangad ang katotohanan. Kaya nga, wala kayong kakayahang magkaroon ng tunay na pananalig sa Diyos, ni wala kayong tunay na pagpapasakop. Kaya paano kayo nakatagal hanggang sa ngayon—bakit, habang nakikipagbahaginan Ako, nakaupo pa rin kayo ryan at nakikinig? May dalawang aspektong nakikita sa inyo. Sa isang banda, karamihan sa inyo ay gusto pa ring maging mabuti; ayaw ninyong maging masasamang tao. Nais ninyong tumahak sa tamang landas.

Mayroon kayong kaunting determinasyon, mayroon kayong kaunting magandang hangarin. Kasabay nito, karamihan sa inyo ay takot mamatay. Gaano kayo katakot na mamatay? Sa pinakamaliit na tanda ng kaguluhan sa mundo sa labas, mayroon sa inyo na nagsusumikap nang higit pa na gawin ang kanilang tungkulin; kapag pumapayapa ang mga bagay-bagay, nagpapasasa sila sa kaginhawahan, at nababawasan nang husto ang pagsisikap nilang gawin ang kanilang tungkulin; lagi nilang inaasikaso ang kanilang laman. Kumpara sa tunay na pananalig ni Noe, mayroon bang anumang tunay na pananalig na mamamalas sa inyo? (Wala.) Palagay Ko rin. At kahit kung mayroong kakatiting na pananalig, kalunos-lunos ang liit nito, at hindi nito makakayang tiisin ang mga pagsubok.

Hindi pa Ako nakagawa ng anumang mga pagsasaayos ng gawain, ngunit madalas Kong marinig ang mga ito na may paunang mga salitang tulad nito: “Sa ngayon, lubos na nagkakagulo ang iba’t ibang bansa, lalong nagiging buktot ang mga makamundong kalakaran, at parurusahan ng Diyos ang sangkatauhan; dapat nating gawin ang ating tungkulin nang pasok sa pamantayan sa pamamagitan ng paggawa ng ganito at ganoon, at pagbibigay ng ating katapatan sa Diyos.” “Sa mga panahong ito, mas lalong tumitindi ang mga salot, mas masama ang kapaligiran, mas grabe ang mga kalamidad, nahaharap ang mga tao sa banta ng mga karamdaman at kamatayan, at kung mananampalataya lamang tayo sa Diyos, at mas magdarasal sa harapan ng Diyos, saka lamang natin maiiwasan ang salot, sapagkat Diyos lamang ang ating kanlungan. Sa mga panahong ito, nahaharap sa gayong mga sitwasyon, at sa gayong kapaligiran, dapat tayong maghanda ng mabubuting gawa sa pamamagitan ng paggawa ng ganito-at-ganyan, at sangkapan ang ating sarili ng katotohanan sa pamamagitan ng paggawa ng ganito-at-ganyan—ito ay apurahang mahalaga.” “Ang paglusob ng mga peste ngayong taon ay napakatindi, mahaharap ang sangkatauhan sa taggutom, at hindi magtatagal ay daranas ng nakawan at kawalan ng katatagan sa lipunan, kaya ang mga mananampalataya sa Diyos ay dapat humarap nang madalas sa Diyos upang manalangin at humiling ng proteksiyon ng Diyos, at kailangang magpanatili ng normal na buhay iglesia, at isang normal na espirituwal na buhay.” At iba pa. At pagkatapos, kapag nasabi na ang paunang salita, nagsisimula ang partikular na mga pagsasaayos. Sa bawat pagkakataon, ang mga paunang salitang ito ay gumanap ng napapanahon at mapagpasyang papel sa pananalig ng mga tao. Kaya nagtataka Ako, hindi ba maisasagawa ang mga pagsasaayos ng gawain kung hindi nagawa ang mga paunang salita at pahayag na ito? Kung wala ang mga paunang salitang ito, hindi ba magiging mga pagsasaayos ng gawain ang mga pagsasaayos ng gawain? Hindi ba magkakaroon ng dahilan para ilabas ang mga ito? Ang sagot sa mga tanong na ito ay siguradong hindi. Ang nais Kong malaman ngayon ay, ano ang layunin ng mga tao sa pananampalataya sa Diyos? Ano ba talaga ang kabuluhan ng kanilang pananalig sa Diyos? Nauunawaan ba nila, o hindi, ang mga katotohanan na nais isagawa ng Diyos? Paano dapat tratuhin ng mga tao ang mga salita ng Diyos? Paano nila dapat tratuhin ang lahat ng hinihingi ng Lumikha? Mahalaga bang isaalang-alang ang mga tanong na ito? Kung si Noe ang gagamiting pamantayan para

sukatin ang mga tao, ang Aking pananaw ay wala ni isa sa kanila ang karapat-dapat na tawaging “nilikha.” Hindi sila magiging karapat-dapat na humarap sa Diyos. Kung ang pananalig at pagpapasakop ng mga tao ngayon ay susukatin sa saloobin ng Diyos kay Noe, at sa mga pamantayang ginamit ng Diyos sa pagpili kay Noe, masisiyahan ba ang Diyos sa kanila? (Hindi.) Napakalayo pa nila! Palaging sinasabi ng mga tao na nananampalataya at sumasamba sila sa Diyos, ngunit paano namamalas sa kanila ang pananalig at pagsambang ito? Ang totoo, naipapamalas ito sa kanilang pagsandig sa Diyos, sa kanilang mga kahilingan sa Kanya, gayundin sa kanilang totoong paghihimagsik laban sa Kanya, at maging ang paghamak nila sa Diyos na nagkatawang-tao. Maituturing ba ang lahat ng ito na paghamak ng sangkatauhan sa katotohanan at hayagang paglabag sa prinsipyo? Iyan, sa katunayan, ang nangyayari—ito ang diwa nito. Tuwing nilalaman ng mga pagsasaayos ng gawain ang mga salitang ito, nadaragdagan ang “pananalig” ng mga tao; tuwing naglalabas ng mga pagsasaayos ng gawain, kapag natatanto ng mga tao ang mga hinihingi at kabuluhan ng mga pagsasaayos ng gawain, at nakakaya nilang isagawa ang mga iyon, naniniwala sila na nadaragdagan ang antas ng kanilang pagpapasakop, na mayroon na sila ngayong pagpapasakop—ngunit, sa totoo lang, talaga bang nagtataglay sila ng pananalig at tunay na pagpapasakop? At ano ba itong ipinagpalagay na pananalig at pagpapasakop kapag sinukat ayon sa pamantayan ni Noe? Isang uri ng transaksyon, sa totoo lang. Paano ito posibleng maituturing na pananalig at tunay na pagpapasakop? Ano itong tinatawag na tunay na pananalig ng mga tao? “Narito na ang mga huling araw—sana ay kumilos kaagad ang Diyos! Napakalaking pagpapala na naririto ako kapag wawasakin na ng Diyos ang mundo, na magiging sapat ang suwerte ko na manatiling buhay, at hindi magdusa ng mga pamiminsala ng pagkawasak. Napakabuti ng Diyos, mahal na mahal Niya ang mga tao, napakadakila ng Diyos! Itinaas Niya nang husto ang tao, ang Diyos ay talagang Diyos, Diyos lamang ang makagagawa ng gayong mga bagay.” At ang tinatawag nilang tunay na pagpapasakop? “Lahat ng sinasabi ng Diyos ay tama. Gawin ang anumang sabihin Niya; kung hindi, masasadlak ka sa mga kalamidad, at magiging katapusan na ng lahat sa iyo, walang sinuman makapagliligtas sa iyo.” Hindi tunay na pananalig ang kanilang pananalig, at hindi tunay na pagpapasakop ang kanilang pagpapasakop—puro kasinungalingan ang mga ito.

Ngayon, halos lahat sa mundo ay alam ang pagbuo ng arka ni Noe, hindi ba? Ngunit ilang tao ang nakakaalam ng natatagong kuwento nito? Ilang tao ang nakakaunawa sa tunay na pananalig at pagpapasakop ni Noe? At sino ang nakakaalam—at may pakialam—kung ano ang pagtatasa ng Diyos kay Noe? Walang sinuman ang pumapansin dito. Ano ang ipinapakita nito? Ipinapakita nito na hindi hinahangad ng mga tao ang katotohanan, at hindi nila minamahal ang mga positibong bagay. Noong huli, pagkatapos Kong makipagbahaginan tungkol sa mga kuwento ng dalawang tao na ito, binalikan ba ng sinuman ang Bibliya para basahin ang mga detalye ng mga kuwentong ito? Naantig ba kayo nang marinig ninyo ang mga kuwento nina Noe, Abraham, at Job? (Oo.) Naiinggit

ba kayo sa tatlong tao na ito? (Oo.) Gusto ba ninyong maging katulad nila? (Oo.) Kaya, nagdaos ba kayo ng detalyadong mga pagbabahaginan tungkol sa mga kuwento nila, at tungkol sa diwa ng kanilang pag-uugali, ng kanilang saloobin sa Diyos, at ng kanilang pananalig at pagpapasakop? Saan dapat magsimula ang mga tao na nais maging katulad ng ganitong uri ng mga tao? Matagal na simula nang una Kong nabasa ang kuwento ni Job, at nauunawaan Ko rin nang kaunti ang mga kuwento nina Noe at Abraham. Sa tuwing binabasa at iniisip Ko sa puso Ko ang tungkol sa ipinakita ng tatlong lalaking ito, ang sinabi at ginawa ng Diyos sa kanila, at ang kanilang iba't ibang saloobin, pakiramdam Ko ay mapapaluha Ako—naaantig Ako. Kaya ano ang nakaantig sa inyo nang basahin ninyo ang mga ito? (Matapos kong mapakinggan ang pagbabahaginan ng Diyos, nalaman ko sa wakas na habang dumaranas ng kanyang mga pagsubok si Job, inisip niya na nagdurusa ang Diyos para sa kanya, at dahil ayaw niyang magdusa ang Diyos, isinumpa niya ang mismong araw ng kanyang kapanganakan. Sa tuwing binabasa ko ito, nararamdaman ko na talagang isinasaalang-alang ni Job ang mga layunin ng Diyos at labis akong naaantig.) Ano pa? (Dumaan sa napakaraming paghihirap si Noe noong ginagawa niya ang arka, pero nagawa pa rin niyang magpakita ng pagsasaalang-alang sa mga layunin ng Diyos. Pinagkalooban ng anak si Abraham sa edad na 100 at labis siyang natuwa, pero nang hilingin ng Diyos na ihandog niya ang kanyang anak, nagawa niyang sumunod at magpasakop, pero hindi namin magawa iyon. Wala kami ng pagkatao, konsensiya, o katwiran na taglay ni Noe o ni Abraham. Napupuno ako ng paghanga kapag binabasa ko ang mga kuwento nila, at mga huwaran sila na dapat naming tularan.) (Noong huli Kang nakipagbahaginan, nabanggit Mo na nagawang magpursige ni Noe sa loob ng 120 taon sa paggawa ng arka at natapos niya nang perpekto ang mga bagay na iniutos sa kanya ng Diyos at hindi niya binigo ang mga ekspektasyon ng Diyos. Sa paghahambing nito sa saloobin ko sa tungkulin ko, nakikita ko na wala akong kahit kaunting pagtitiyaga. Dahil dito, nakokonsensiya ako at naaantig.) Naaantig kayong lahat, hindi ba? (Oo.) Hindi muna natin pagbabahaginan ang paksang ito sa ngayon; tatalakayin natin ang lahat ng ito kapag natapos na natin ang mga kuwento nina Noe at Abraham. Sasabihin Ko sa inyo kung aling mga bahagi ang nakaantig sa Akin, at titingnan natin kung ang mga ito rin ang mga bahaging nakaantig sa inyo.

Katatapos lang nating magbahaginan tungkol sa tunay na pananalig ni Noe sa Diyos. Ang mga naitatag na katunayan ng kanyang paggawa ng arka ay sapat na upang makita ang kanyang tunay na pananalig. Ang tunay na pananalig ni Noe ay nakikita sa bawat kilos niya, sa bawat iniisip at ideya niya, at sa saloobin niya nang kumilos siya ayon sa iniutos sa kanya ng Diyos. Sapat na ito upang ipakita ang tunay na pananalig ni Noe sa Diyos—pananalig na walang anumang pagdududa, at walang anumang halo. Naaayon man ang iniutos sa kanya ng Diyos sa sarili niyang mga kuru-kuro, kung ito man ang naiplano niyang gawin sa buhay, at paano man ito sumalungat sa mga bagay-bagay sa kanyang buhay, lalo na kung gaano kahirap ang gawaing ito, iisa lamang ang kanyang saloobin: pagtanggap, pagpapasakop at pagpapatupad. Sa huli, makikita sa

mga totoong pangyayari na ang arkang itinayo ni Noe ay nagligtas sa bawat klase ng nilikha na may buhay, gayundin sa sariling pamilya ni Noe. Nang ipadala ng Diyos ang pagbaha at sinimulan Niyang lipulin ang sangkatauhan, lulan ng arka ang pamilya ni Noe at ang iba't ibang uri ng nilikha na may buhay, lumutang ito sa tubig. Winasak ng Diyos ang daigdig sa pamamagitan ng pagpapadala ng matinding baha sa loob ng apatnapung araw, at ang nanatiling buhay lang ay ang pamilya ni Noe na may walong katao at ang iba't ibang nilikha na may buhay na pumasok sa arka, nalipol ang lahat ng ibang tao at buhay na nilalang. Ano ang makikita mula sa mga totoong pangyayaring ito? Dahil si Noe ay may tunay na pananalig at tunay na pagpapasakop sa Diyos—sa pamamagitan ng tunay na pakikipagtulungan ni Noe sa Diyos—na naisakatuparan ang nais gawin ng Diyos; naging totoo ito. Ito ang kinalugdan ng Diyos kay Noe, at hindi binigo ni Noe ang Diyos; tinupad niya ang mahalagang atas na ibinigay sa kanya ng Diyos, at kinumpleto ang lahat ng ipinagkatiwala sa kanya ng Diyos. Nagawang kumpletuhin ni Noe ang atas ng Diyos, sa isang banda, dahil sa mga utos ng Diyos, at kasabay nito, ang pangunahing dahilan din nito ay ang tunay na pananalig at lubos na pagpapasakop ni Noe sa Diyos. Ito ay dahil mismo sa taglay ni Noe ang dalawang pinakamahalagang bagay na ito kaya siya minahal ng Diyos; at ito ay dahil mismo sa taglay ni Noe ang tunay na pananalig, at lubos na pagpapasakop, kaya ang tingin sa kanya ng Diyos ay isang taong dapat manatili, at bilang isang tao na karapat-dapat na manatiling buhay. Lahat maliban kay Noe ay kinasusuklaman ng Diyos, na nagpapahiwatig na lahat sila ay hindi karapat-dapat na mabuhay sa gitna ng mga nilikha ng Diyos. Ano ang dapat nating makita mula sa paggawa ni Noe ng arka? Sa isang banda, nakita na natin ang marangal na karakter ni Noe; may konsensiya at katwiran si Noe. Sa kabilang banda, nakita na natin ang tunay na pananalig at tunay na pagpapasakop ni Noe sa Diyos. Lahat ng ito ay nararapat na tularan. Dahil mismo sa pananalig at pagpapasakop ni Noe sa atas ng Diyos kaya naging minamahal si Noe sa mga mata ng Diyos, isang nilikha na minahal ng Diyos—ito ay pagiging mapalad at pinagpala. Ang gayong mga tao lamang ang karapat-dapat na mamuhay sa liwanag ng mukha ng Diyos; sa mga mata ng Diyos, sila lamang ang nararapat na mabuhay. Ang mga taong nararapat na mabuhay: ano ang ibig sabihin nito? Ang ibig sabihin nito ay iyong mga karapat-dapat na tamasahin ang lahat ng maaaring tamasahin na ipinagkaloob ng Diyos sa sangkatauhan, karapat-dapat na mamuhay sa liwanag ng mukha ng Diyos, karapat-dapat na matanggap ang mga pagpapala at pangako ng Diyos; ang mga ganitong tao ang minamahal ng Diyos, sila ang mga tunay na nilikhang tao, at ang siyang mga gustong makamit ng Diyos.

II. Ang Saloobin ni Abraham sa mga Salita ng Diyos

Ngayon, tingnan natin ang mga bagay kay Abraham na karapat-dapat tularan ng mga susunod na henerasyon. Ang pangunahing ginawa ni Abraham sa harap ng Diyos ay ang bagay na labis na pamilyar at alam na alam ng mga susunod na henerasyon: ang paghahandog kay Isaac. Ang bawat aspekto ng ipinamalas ni Abraham sa usaping

ito—ang karakter, pananalig, o pagpapasakop man niya—ay karapat-dapat na tularan ng mga susunod na henerasyon. Kaya, ano ba mismo ang mga partikular na pagpapamalas na ipinakita niya na karapat-dapat na tularan? Natural na ang iba’t ibang bagay na ito na ipinamalas niya ay hindi walang kabuluhan, at lalong hindi abstrakto ang mga ito, at tiyak na hindi gawa-gawa ang mga ito ng sinumang tao, may ebidensiya para sa lahat ng bagay na ito. Pinagkalooban ng Diyos si Abraham ng isang anak; personal itong sinabi ng Diyos kay Abraham, at nang 100 taong gulang na si Abraham, isinilang sa kanya ang isang anak na nagngangalang Isaac. Malinaw na hindi ordinaryo ang pinagmulan ng batang ito, wala siyang katulad—personal siyang ipinagkaloob ng Diyos. Kapag personal na ipinagkaloob ng Diyos ang isang bata, iniisip ng mga tao na tiyak na gagawa ng isang dakilang bagay sa kanya ang Diyos, na ipagkakatiwala sa kanya ng Diyos ang isang dakilang bagay, na gagawa ang Diyos ng mga extraordinaryong bagay sa kanya, na gagawin ng Diyos ang bata na natatangi, at iba pa—ito ang mga bagay na labis na inaasahan ni Abraham at ng ibang tao. Pero iba ang naging takbo ng mga bagay-bagay, at may nangyari kay Abraham na hindi inasahan ng sinuman. Ipinagkaloob ng Diyos si Isaac kay Abraham, at nang dumating ang oras ng paghahandog, sinabi ng Diyos kay Abraham, “Hindi mo kailangang maghahandog ng anumang bagay ngayon, si Isaac lang—sapat na iyon.” Ano ang ibig sabihin nito? Binigyan ng Diyos si Abraham ng isang anak, at nang papalaki na ang anak na ito, nais ng Diyos na bawiin si Isaac. Ang magiging pananaw rito ng ibang tao ay: “Ikaw ang nagbigay kay Isaac. Hindi ko ito pinaniwalaan, pero iginiit Mong ibigay ang batang ito. Ngayon, hinihingi Mo na ihandog siya bilang isang sakripisyo. Hindi ba’t ito ay pagbawi Mo sa kanya? Paano Mo nagagawang bawiin ang ibinigay Mo na sa mga tao? Kung gusto Mo siyang kunin, kunin Mo siya. Puwede Mo naman siyang bawiin nang tahimik. Hindi Mo na kailangang magdulot sa akin ng ganitong pasakit at pahirap. Paano Mo nagagawang hingin sa akin na ako mismo ang magsakripisyo sa kanya?” Napakahirap ba ng hinihinging ito? Sobrang hirap nito. Kapag narinig ang hinihinging ito, sasabihin ng ilang tao, “Ito ba talaga ang Diyos? Napakawalang katwiran ang umakto nang ganito! Ikaw ang nagbigay kay Isaac, at ngayon ay binabawi Mo na siya. Talaga bang palagi Kang makatuwiran? Palagi bang tama ang lahat ng ginagawa Mo? Hindi naman palagi. Nasa mga kamay Mo ang buhay ng mga tao. Sinabi Mo na bibigyan Mo ako ng anak, at ginawa Mo nga iyon; nasa Iyo ang awtoridad na iyon, gaya rin ng awtoridad Mo na bawiin siya—pero hindi ba’t parang wala sa katwiran ang paraan ng pagbawi Mo at ang usaping ito? Ibinigay Mo ang batang ito, kaya dapat hayaan Mo siyang lumaki, gumawa ng mga dakilang bagay, at makita ang mga pagpapala Mo. Paano Mo nagagawang hingin na mamatay siya? Sa halip na iutos ang kamatayan niya, hindi Mo na lang sana siya ibinigay sa akin! Bakit Mo siya ibinigay sa akin kung gayon? Ibinigay Mo sa akin si Isaac, at sinasabi Mo ngayon sa akin na ihandog ko siya—hindi ba’t binibigyan Mo ako ng karagdagang pasakit? Hindi ba’t pinapahirapan Mo ako? Kung gayon, bakit Mo pa ako binigyan ng anak?” Hindi nila maunawaan ang lohika sa likod ng hinihinging ito, gaano man nila subukan; gaano man

nila ito ipaliwanag, hindi ito makatwiran para sa kanila, at walang taong nakauunawa rito. Pero sinabi ba ng Diyos kay Abraham ang dahilan sa likod nito? Sinabi ba Niya kay Abraham ang mga dahilan nito, at kung ano ang layunin Niya? Sinabi ba Niya? Hindi. Sinabi lang ng Diyos, “Sa oras ng pagsasakripisyo bukas, ihandog mo si Isaac,” iyon lang. Nagbigay ba ng paliwanag ang Diyos? (Hindi.) Kaya ano ba ang kalikasan ng mga salitang ito? Kung titingnan ayon sa pagkakakilanlan ng Diyos, isang utos ang mga salitang ito, isang utos na dapat isagawa, na dapat sundin at dapat magpasakop dito. Pero kung titingnan ayon sa sinabi ng Diyos at ng mismong bagay, hindi ba’t magiging mahirap para sa mga tao na gawin ang nararapat nilang gawin? Iniisip ng mga tao na dapat makatwiran ang mga bagay na nararapat gawin, at naaayon sa mga damdamin ng tao at sa mga pangkalahatang sensibilidad ng tao—pero naaangkop ba sa sinabi ng Diyos ang alinman sa mga ito? (Hindi.) Kaya dapat bang nagbigay sana ng paliwanag ang Diyos, at ipinahayag ang Kanyang mga iniisip at ang Kanyang kahulugan, o ibinunyag kahit kaunti ang ibig Niyang sabihin sa mga pahiwatig ng Kanyang mga salita para maunawaan ng mga tao? Ginawa ba ng Diyos ang alinman sa mga ito? Hindi, at hindi rin Niya pinlano na gawin iyon. Nilalaman ng mga salitang ito kung ano ang hinihingi ng Lumikha, kung ano ang iniutos Niya, at kung ano ang inasahan Niya sa tao. Ang mga napakasimpleng salitang ito, ang mga di-makatwirang salitang ito—ang utos at hinihinging ito na walang pagsasaalang-alang sa mga damdamin ng tao—ay ituturing lang na mahirap, mabigat, at di-makatwiran ng ibang tao, ng sinumang taong nakakita sa eksenang ito. Pero para kay Abraham, na aktuwal na sangkot, nakadudurog-sa-pusong sakit ang una niyang naramdaman pagkatapos itong marinig! Tinanggap niya ang batang ito na ipinagkaloob ng Diyos, ginugol niya ang lahat ng taon na iyon sa pagpapalaki rito, at tinamasa niya ang lahat ng taon na iyon ng kaligayahan sa pamilya, pero sa isang pangungusap, isang utos mula sa Diyos, ang kaligayahang ito, ang buhay na tao na ito, ay mawawala at kukunin. Hindi lang ang pagkawala ng kaligayahan ng pamilya ang kinaharap ni Abraham, kundi ang sakit ng walang hanggang kalungkutan at pangungulila pagkatapos mawala ang anak na ito. Para sa isang matandang lalaki, hindi ito makakayanan. Pagkarinig sa mga gayong salita, bubuhos ang luha ng sinumang ordinaryong tao, hindi ba? Higit pa rito, sa puso nila ay isusumpa nila ang Diyos, magrereklamo sila tungkol sa Diyos, magkakamali sila ng pagkaunawa sa Diyos, at susubukan nilang makipagtalo sa Diyos; ipapakita nila ang lahat ng kaya nilang gawin, lahat ng abilidad nila, at lahat ng kanilang pagiging mapaghimagsik, walang galang, at di-makatwiran. Pero, kahit na ganoon din ang pasakit niya, hindi ito ginawa ni Abraham. Tulad ng sinumang normal na tao, agad niyang nadama ang sakit na iyon, agad niyang naranasan ang pakiramdam na parang tinutusok ang puso niya, at agad niyang naramdaman ang kalungkutan ng pagkawala ng isang anak. Ang mga salitang ito ng Diyos ay walang pagsasaalang-alang sa mga damdamin ng tao, hindi lubos maisip ng mga tao, at hindi kaayon ng mga kuru-kuro ng mga tao, hindi sinabi ang mga ito mula sa perspektiba ng mga damdamin ng tao; walang pagsasaalang-alang ang mga ito sa

mga paghihirap ng tao o sa mga emosyonal na pangangailangan ng tao, at tiyak na walang pagsasaalang-alang ang mga ito sa sakit na nadarama ng tao. Walang-emosyong ibinato ng Diyos ang mga salitang ito kay Abraham—may pakialam ba ang Diyos kung gaano kasakit kay Abraham ang mga salitang ito? Sa panlabas, tila walang malasakit at walang pakialam ang Diyos; ang narinig lang ni Abraham ay ang utos ng Diyos, at ang hinihingi ng Diyos. Para sa sinuman, ang hinihinging ito ay tila hindi kaayon ng kultura, mga kaugalian, mga sensibilidad ng tao, kahit ng moralidad at etika ng tao; lumampas na ito sa hangganan ng moralidad at etika, at lumabag na ito sa mga pamantayang panlipunan at patakaran sa pakikitungo sa mga tao, pati na sa mga damdamin ng tao. May mga naniniwala pa nga na, “Ang mga salitang ito ay hindi lang di-makatwiran at imoral—ang mas malala pa, nagdudulot lang ang mga ito ng problema nang walang magandang dahilan! Paano nagawang bigkasin ng Diyos ang mga salitang ito? Ang mga salita ng Diyos ay dapat na makatwiran at patas, at dapat lubusang makumbinsi ang tao; hindi dapat magdulot ng problema ang mga ito nang walang magandang dahilan, at hindi dapat labag sa etika, moralidad, o lohika. Talaga bang binigkas ng Lumikha ang mga salitang ito? Magagawa bang sabihin ng Lumikha ang mga gayong bagay? Magagawa bang tratuhin nang ganito ng Lumikha ang mga taong nilikha Niya? Imposibleng ganoon nga.” Pero nagmula nga sa bibig ng Diyos ang mga salitang ito. Batay sa saloobin ng Diyos at sa tono ng mga salita Niya, napagpasyahan na ng Diyos kung ano ang gusto Niya, at hindi na ito dapat pang kuwestiyunin, at walang karapatang pumili ang mga tao; hindi Niya binibigyan ang tao ng karapatang pumili. Ang mga salita ng Diyos ay isang hinihingi, ang mga ito ay isang utos na ibinigay Niya sa tao. Para kay Abraham, ang mga salitang ito ng Diyos ay di-mapagkompromiso at di-makukwestiyon; ang mga ito ay di-mapagkompromisong hinihingi ng Diyos kay Abraham, at hindi na ito dapat pang kuwestiyunin. At ano ang naging desisyon ni Abraham? Ito ang mahalagang punto na pagbabahaginan natin.

Pagkarinig sa mga salita ng Diyos, sinimulan ni Abraham ang kanyang mga paghahanda, nakararamdam siya ng pighati at sobrang bigat ng loob niya. Tahimik siyang nanalangin sa kanyang puso: “Panginoon ko, Diyos ko. Karapat-dapat na purihin ang lahat ng ginagawa Mo; ang anak na ito ay ibinigay Mo, at kung nais Mo siyang bawiin, nararapat lang na isauli ko siya.” Bagama’t nasasaktan si Abraham, hindi ba’t makikita ang saloobin niya mula sa mga salitang ito? Ano ang makikita ng mga tao rito? Makikita nila ang kahinaan ng normal na pagkatao, ang mga emosyonal na pangangailangan ng normal na pagkatao, pati na rin ang makatwirang bahagi ni Abraham, at ang bahagi niya na may tunay na pananalig at pagpapasakop sa Diyos. Ano ang makatwiran niyang bahagi? Alam na alam ni Abraham na ibinigay ng Diyos si Isaac, na may kapangyarihan ang Diyos na tratuhin si Isaac sa anumang paraang gusto Niya, na hindi ito dapat husgahan ng mga tao, na ang lahat ng sinasabi ng Lumikha ay kumakatawan sa Lumikha, at na tila makatwiran man ito sa tao o hindi, naaayon man ito sa kaalaman, kultura, at moralidad ng tao o hindi, hindi nagbabago ang pagkakakilanlan ng Diyos at

ang kalikasan ng Kanyang mga salita. Malinaw na alam ni Abraham na kung hindi kayang unawain, arukin, o tuklasin ng mga tao ang mga salita ng Diyos, problema na nila iyon, na walang dahilan para ipaliwanag o linawin ng Diyos ang mga salitang ito, at na hindi lang dapat magpasakop ang mga tao kapag nauunawaan nila ang mga salita at layunin ng Diyos, kundi dapat magkaroon sila ng iisang saloobin patungkol sa mga salita ng Diyos, anuman ang sitwasyon: nakikinig, tumatanggap, at pagkatapos ay nagpapasakop. Ito ang malinaw na nakikilatis na saloobin ni Abraham sa lahat ng hinihingi ng Diyos na gawin niya, at nakapaloob dito ang pagkamakatwiran ng normal na pagkatao, gayundin ang tunay na pananalig at tunay na pagpapasakop. Ano, higit sa lahat, ang kinailangang gawin ni Abraham? Ang huwag suriin ang mga tama at mali ng mga salita ng Diyos, huwag suriin kung sinabi ba ito bilang isang biro, o para subukin siya, o iba pa. Hindi sinuri ni Abraham ang mga gayong bagay. Ano ang agaran niyang saloobin sa mga salita ng Diyos? Na ang mga salita ng Diyos ay hindi dapat pinapangatwiran gamit ang lohika—makatwiran man ang mga ito o hindi, ang mga salita ng Diyos ay mga salita ng Diyos, at hindi dapat magkaroon ng puwang para sa pagpili at ng pagsusuri sa saloobin ng mga tao patungkol sa mga salita ng Diyos; ang katwirang dapat mayroon ang mga tao, at ang dapat nilang gawin, ay makinig, tumanggap, at magpasakop. Sa puso niya, malinaw na malinaw kay Abraham kung ano ang pagkakakilanlan at diwa ng Lumikha, at kung ano ang posisyon na dapat hawakan ng isang nilikhang tao. Dahil mismo sa may taglay na gayong pagkamakatwiran at ganitong uri ng saloobin si Abraham na kahit pa nagtiis siya ng matinding pasakit, inihandog niya si Isaac sa Diyos nang walang pag-aalinlangan o anumang pag-aatubili, isinauli niya si Isaac sa Diyos gaya ng ninanais ng Diyos. Naramdaman niya na dahil hiningi ito ng Diyos, dapat niyang isauli si Isaac sa Diyos, at hindi siya dapat makipagtalo sa Diyos, o magkaroon ng sarili niyang mga kahilingan o hinihingi. Ito mismo ang saloobing nararapat taglayin ng isang nilikha patungkol sa Lumikha. Ang pinakamahirap na bagay sa paggawa nito ang pinakamahalagang katangian ni Abraham. Ang mga salitang ito na sinabi ng Diyos ay di-makatwiran at walang pagsasaalang-alang sa mga damdamin ng tao—hindi kayang unawain o tanggapin ng mga tao ang mga ito, at kahit ano pa ang edad, o kanino man ito mangyari, walang katuturan ang mga salitang ito, hindi maisasagawa ang mga ito—pero hiningi pa rin ng Diyos na gawin ito. Kaya, ano ang dapat gawin? Susuriin ng karamihan ng tao ang mga salitang ito, at pagkatapos ng ilang araw ng pagsusuri, maiisip nila: “Hindi makatwiran ang mga salita ng Diyos—paano nagagawang kumilos ng Diyos sa ganitong paraan? Hindi ba’t isa itong uri ng pagpapahirap? Hindi ba’t mahal ng Diyos ang tao? Paano Niya nagagawang pahirapan nang sobra ang mga tao? Hindi ako nananampalataya sa isang Diyos na labis na nagpapahirap sa mga tao, at puwede kong piliing hindi magpasakop sa mga salitang ito.” Pero hindi ito ginawa ni Abraham; pinili niyang magpasakop. Bagama’t naniniwala ang lahat na mali ang sinabi at hiningi ng Diyos, na hindi dapat gumawa ng gayong mga hinihingi ang Diyos sa mga tao, nagawa ni Abraham na magpasakop—at ito ang pinakamahalagang bagay sa kanya, at

ang mismong wala sa ibang tao. Ito ang tunay na pagpapasakop ni Abraham. Bukod dito, pagkatapos marinig ang hinihingi sa kanya ng Diyos, ang unang bagay na natiyak niya ay hindi ito sinabi ng Diyos bilang isang biro, na hindi ito isang laro. At dahil ang mga salita ng Diyos ay hindi ganoon, ano ang mga ito? Malalim ang pananampalataya ni Abraham na totoo na walang tao ang makapagbabago sa itinatakda ng Diyos na dapat gawin, na walang mga biro, pagsubok, o pagpapahirap sa mga salita ng Diyos, na mapagkakatiwalaan ang Diyos, at lahat ng Kanyang sinasabi—tila makatwiran man ito o hindi—ay totoo. Hindi ba't ito ang tunay na pananalig ni Abraham? Sinabi ba niya, "Sinabi sa akin ng Diyos na ihandog si Isaac. Pagkatapos kong makuha si Isaac, hindi ko napasalamatan nang maayos ang Diyos—ito ba ay paghingi ng Diyos sa aking pasasalamat? Kung gayon, dapat kong ipakita nang maayos ang pasasalamat ko. Dapat kong ipakita na handa akong ihandog si Isaac, na handa akong pasalamatan ang Diyos, na alam at naaalala ko ang biyaya ng Diyos, at na hindi ko idudulot na mag-alala ang Diyos. Walang duda na sinabi ng Diyos ang mga salitang ito para suriin at subukin ako, kaya dapat iraos ko lang ito. Gagawin ko ang lahat ng paghahanda, pagkatapos ay magdadala ako ng isang tupa kasama si Isaac, at kung sa oras ng paghahandog ay walang sinabi ang Diyos, ihandog ko ang tupa. Sapat na ang iraos lang ito. Kung talagang hihingin sa akin ng Diyos na ihandog si Isaac, sasabihan ko na lang si Isaac na magpanggap sa altar; kapag oras na, baka hayaan pa rin ako ng Diyos na ihandog ang tupa at hindi ang aking anak"? Ito ba ang naisip ni Abraham? (Hindi.) Kung ganoon ang inisip niya, wala sanang pighati sa puso niya. Kung naisip niya ang mga gayong bagay, anong klaseng integridad ang mayroon siya? Magkakaroon ba siya ng tunay na pananalig? Magkakaroon ba siya ng tunay na pagpapasakop? Hindi.

Batay sa sakit na naramdaman at naranasan ni Abraham pagdating sa usapin ng paghahandog kay Isaac, malinaw na lubos siyang nanampalataya sa salita ng Diyos, na pinaniwalaan niya ang bawat salitang sinabi ng Diyos, na naunawaan niya ang lahat ng sinabi ng Diyos nang kung paano ito mismo nilayon ng Diyos sa kaibuturan ng puso niya, at wala siyang mga pagdududa sa Diyos. Ito ba ay tunay na pananalig o hindi? (Tunay ito.) May tunay na pananalig sa Diyos si Abraham, at ipinapakita nito ang isang bagay, na isang matapat na tao si Abraham. Ang nag-iisang saloobin niya sa mga salita ng Diyos ay pagsunod, pagtanggap, at pagpapasakop—susundin niya anuman ang sabihin ng Diyos. Kung sasabihin ng Diyos na itim ang isang bagay, kahit pa hindi itim ang tingin dito ni Abraham, paniniwalaan niya na totoo ang sinabi ng Diyos, at magiging kumbinsido siyang itim nga ito. Kung sasabihin ng Diyos na puti ang isang bagay, magiging kumbinsido siyang puti nga iyon. Ganoon lang ito kasimple. Sinabi ng Diyos sa kanya na pagkakalooban siya ng Diyos ng isang anak, at inisip ni Abraham, "Isang daang taong gulang na ako, pero kung sinasabi ng Diyos na bibigyan Niya ako ng anak, nagpapasalamat ako sa aking Panginoon, sa Diyos!" Wala siyang masyadong maraming ibang ideya, nanampalataya lang siya sa Diyos. Ano ba ang diwa ng pananampalatayang ito? Nanampalataya siya sa diwa at pagkakakilanlan ng Diyos, at totoo ang kaalaman niya

tungkol sa Lumikha. Hindi siya tulad ng mga taong iyon na nagsasabing nananampalataya sila na ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat at ang Lumikha ng sangkatauhan, pero may mga pagdududa sila sa puso nila gaya ng “Totoo bang nagmula sa mga unggoy ang mga tao? Sinasabing ang diyos ang lumikha ng lahat ng bagay, pero hindi naman ito nakita ng mismong mata ng mga tao.” Anuman ang sinasabi ng Diyos, ang mga taong iyon ay laging nasa pagitan ng pananampalataya at pagdududa, at umaasa sila sa nakikita nila para matukoy kung totoo o huwad ang mga bagay. Pinagdududahan nila ang anumang hindi nila makita gamit ang mga mata nila, kaya sa tuwing naririnig nilang magsalita ang Diyos, naglalagay sila ng mga tandang pananong sa likod ng mga salita Niya. Maingat, masikap, at masusi nilang sinusuri at inaanalisa ang bawat katunayan, usapin, at utos na inilalatag ng Diyos. Iniisip nila na sa kanilang pananampalataya sa Diyos, dapat nilang suriin ang mga salita ng Diyos at ang katotohanan nang may saloobin ng siyentipikong pananaliksik, para malaman kung talagang katotohanan nga ang mga salitang ito, kung hindi ay malamang na madaya o malinlang sila. Pero hindi ganito si Abraham, nakinig siya sa salita ng Diyos nang may dalisay na puso. Gayumpaman, sa pagkakataong ito, hiningi ng Diyos kay Abraham na ihandog sa Kanya ang kaisa-isang anak ni Abraham na si Isaac. Nagdulot ito ng pasakit kay Abraham, pero pinili pa rin niyang magpasakop. Nananampalataya si Abraham na hindi nagbabago ang mga salita ng Diyos, at na magiging realidad ang mga salita ng Diyos. Ang mga nilikhang tao ay dapat tumanggap at magpasakop sa salita ng Diyos bilang isang natural na bagay, at sa harap ng salita ng Diyos, ang mga nilikhang tao ay walang karapatang pumili, lalong hindi nila dapat analisahin o suriin ang salita ng Diyos. Ito ang saloobing pinanghawakan ni Abraham patungkol sa salita ng Diyos. Kahit na labis na nasasaktan si Abraham, at kahit na ang pagmamahal niya sa anak niya at ang pag-aatubili niyang isuko ang anak niya ay nagdulot sa kanya ng matinding paghihirap at pasakit, pinili pa rin niyang isauli ang anak niya sa Diyos. Bakit niya isasauli si Isaac sa Diyos? Noong hindi pa hiningi ng Diyos kay Abraham na gawin ito, walang dahilan para kusang loob niyang isauli ang anak niya, pero dahil hiningi na ito ng Diyos, kailangan niyang isauli ang anak niya sa Diyos, walang puwedeng idahilan, at hindi niya dapat subukang makipagtalo sa Diyos—ito ang saloobing pinanghawakan ni Abraham. Nagpasakop siya sa Diyos nang may ganitong uri ng dalisay na puso. Ito ang ninais ng Diyos at ito ang ginustong makita ng Diyos. Ang pag-uugali ni Abraham at ang nakamit niya pagdating sa usapin ng paghahandog kay Isaac ang mismong gustong makita ng Diyos, at ang usaping ito ay ang pagsubok at pagkumpirma ng Diyos sa kanya. At gayumpaman, hindi tinrato ng Diyos si Abraham tulad ng naging pagtrato Niya kay Noe. Hindi sinabi ng Diyos kay Abraham ang mga dahilan sa likod ng usaping ito, ang proseso, o ang lahat ng tungkol dito. Isang bagay lang ang alam ni Abraham, ito ay na hiningi ng Diyos sa kanya na isauli si Isaac—iyon lang. Hindi niya alam na sa paggawa nito, sinusubok siya ng Diyos, ni hindi niya alam kung ano ang gustong makamit ng Diyos sa kanya at sa kanyang mga inapo matapos siyang sumailalim sa pagsubok na ito. Hindi sinabi ng Diyos kay Abraham ang anuman

sa mga ito, binigyan lang siya ng simpleng utos, isang kahilingan. At kahit na napakasimple ng mga salitang ito ng Diyos, at walang pagsasaalang-alang sa mga damdamin ng tao, natupad ni Abraham ang mga inaasahan ng Diyos sa pamamagitan ng paggawa ng kagustuhan at hinihingi ng Diyos: Inihandog niya si Isaac bilang sakripisyo sa altar. Ang bawat galaw niya ay nagpakita na ang paghahandog niya kay Isaac ay hindi pagraos lang sa mga bagay-bagay, na hindi niya ito ginagawa nang pabasta-basta, bagkus ay ginagawa niya ito nang sinsero, at nang mula sa kaibuturan ng puso niya. Kahit na hindi niya kayang isuko si Isaac, kahit na masakit ito sa kanya, nang maharap siya sa hinihingi ng Lumikha, pinili ni Abraham ang paraang walang sinumang tao ang makagagawa: ganap na pagpapasakop sa hinihingi ng Lumikha, pagpapasakop nang walang pakikipagkompromiso, walang mga pagdadahilan, at walang anumang kondisyon—kumilos siya nang ayon mismo sa hiningi ng Diyos. At ano ang taglay ni Abraham, nang magawa niya ang hiningi ng Diyos? Sa isang banda, nasa loob niya ang tunay na pananalig sa Diyos; tiyak siya na ang Lumikha ay Diyos, ang Diyos niya, ang Panginoon niya, ang Siyang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay at ang lumikha ng sangkatauhan. Ito ay tunay na pananalig. Sa isa pang banda, mayroon siyang dalisay na puso. Nanampalataya siya sa bawat salitang binigkas ng Lumikha, at nagawa niyang tanggapin nang simple at direkta ang bawat salitang binigkas ng Diyos. At sa isa pang aspekto, gaano man kahirap ang hiningi ng Lumikha, gaano man ito kasakit sa kanya, ang saloobing pinili niya ay pagpapasakop, ang hindi pagtatangkang makipagtalo sa Diyos, o lumaban, o tumanggi, kundi kompleto at ganap na pagpapasakop, pagkilos at pagsasagawa ayon sa hiningi ng Diyos, ayon sa bawat salita at utos na ibinigay ng Diyos. Katulad ng hiningi at ginustong makita ng Diyos, inihandog ni Abraham si Isaac bilang sakripisyo sa altar, inihandog niya si Isaac sa Diyos—at nagpatunay ang lahat ng ginawa niya na pinili ng Diyos ang tamang tao, at na sa mata ng Diyos, matuwid siya.

Anong aspekto ng disposisyon at diwa ng Lumikha ang nabunyag nang hiningi ng Diyos kay Abraham na ihandog si Isaac? Na tinatrato ng Diyos iyong mga matuwid, iyong mga kinikilala Niya, nang ganap na ayon sa sarili Niyang mga hinihinging pamantayan, na ganap na naaayon sa disposisyon at diwa Niya. Walang puwedeng maging pakikipagkompromiso sa mga pamantayang ito; hindi puwedeng humigit-kumulang na matugunan ang mga ito. Ang mga pamantayang ito ay dapat matugunan nang eksakto. Hindi sapat para sa Diyos na makita ang matutuwid na gawang ginagampanan ni Abraham sa kanyang pang-araw-araw na buhay, hindi pa namamasdan ng Diyos ang tunay na pagpapasakop ni Abraham sa Kanya, at ito ang dahilan kaya ginawa ng Diyos ang Kanyang ginawa. Bakit ginusto ng Diyos na makita ang tunay na pagpapasakop ni Abraham? Bakit Niya isinailalim si Abraham sa huling pagsubok na ito? Dahil, gaya ng nalalaman nating lahat, gusto ng Diyos na si Abraham ang maging ama ng maraming bansa. Ang “ama ng maraming bansa” ba ay isang titulo na kayang pasanin ng sinumang ordinaryong tao? Hindi. May mga hinihinging pamantayan ang Diyos, at ang mga

pamantayang hinihingi Niya sa sinumang nais Niyang gawing perpekto, at sa sinumang nakikita Niyang matuwid, ay pareho: tunay na pananalig at ganap na pagpapasakop. Dahil nais ng Diyos na gawin kay Abraham ang gayon kadakilang bagay, basta na lang ba Niyang gagawin ito nang hindi nakikita ang dalawang bagay na ito kay Abraham? Tiyak na hindi. Kaya, pagkatapos siyang bigyan ng Diyos ng isang anak, hindi maiiwasan na pagdaraan ni Abraham ang gayong pagsubok; ito ang itinakda ng Diyos na gawin, at ang naiplano nang gawin ng Diyos. Nang umayon na ang mga bagay sa kahilingan ng Diyos, at natugunan na ni Abraham ang mga hinihingi ng Diyos, saka lang nagsimulang planuhin ng Diyos ang susunod na hakbang ng Kanyang gawain: gawing kasindami ng mga bituin sa langit at buhangin sa dalampasigan ang mga inapo ni Abraham—kaya siya ang naging ama ng maraming bansa. Hangga’t hindi pa nalalaman at natutupad ang kalalabasan ng hiningi ng Diyos kay Abraham na isakripisyo si Isaac, hindi kikilos nang basta-basta ang Diyos; pero nang matupad na ito, natugunan ng taglay ni Abraham ang mga pamantayan ng Diyos, na nangangahulugang matatanggap niya ang lahat ng pagpapalang pinlano ng Diyos para sa kanya. Kung gayon, mula sa paghahandog kay Isaac, makikita na ang Diyos ay may mga inaasahan at hinihinging pamantayan sa mga tao para sa anumang gawaing ginagawa Niya sa kanila, o sa anumang papel na hinihingi Niyang gampanan nila, o anumang atas na hinihingi Niyang tanggapin nila sa Kanyang plano ng pamamahala. May dalawang uri ng resulta sa mga inaasahan ng Diyos sa mga tao: Ang isa ay kung hindi mo magagawa ang hinihingi Niya sa iyo, matitiwalag ka; ang isa pa ay kung magagawa mo iyon, ipagpapatuloy ng Diyos na tuparin sa iyo ang gusto Niyang gawin alinsunod sa plano Niya. Ang tunay na pananalig at ganap na pagpapasakop na hinihingi ng Diyos sa mga tao ay, sa realidad, hindi masyadong mahirap para sa mga tao na makamit. Pero madali o mahirap man ang mga ito, ang mga ito ang dalawang bagay na, para sa Diyos, dapat makita sa mga tao. Kung makikitang sapat ka sa aspektong ito, makikita ng Diyos na pasok ka sa pamantayan, at wala na Siyang hihingin pa; kung hindi mo magagawa, ibang usapin na iyon. Ang katunayang hiningi ng Diyos kay Abraham na ihandog ang anak nito ay nagpapakita na hindi itinuring ng Diyos na ang kailangan lang ay nagtataglay si Abraham sa oras na iyon ng may-takot-sa-Diyos na puso at tunay na pananalig sa Kanya, na ang humigit-kumulang ay sapat na. Tiyak na hindi iyon ang pamamaraan ng paghingi ng Diyos; humihingi Siya ayon sa paraan Niya, at ayon sa kayang makamit ng mga tao, at hindi puwedeng makipagtawaran tungkol dito. Hindi ba’t ito ang kabanalan ng Diyos? (Ito nga.) Gayon ang kabanalan ng Diyos.

Maging ang isang mabuting tao na gaya ni Abraham, na dalisay, may tunay na pananalig, at nagtataglay ng pagkamakatwiran, ay kinailangang tanggapin ang pagsubok ng Diyos—kaya sa mata ng sangkatauhan, hindi ba’t medyo walang pagsasaalang-alang sa mga damdamin ng tao ang pagsubok na ito? Pero ang kawalang ito ng pagsasaalang-alang sa mga damdamin ng tao ang mismong pagpapamalas ng disposisyon at diwa ng Diyos, at sumailalim si Abraham sa ganitong uri ng pagsubok. Sa pagsubok na ito,

ipinakita ni Abraham sa Diyos ang kanyang di-mapagkompromisong pananalig at di-mapagkompromisong pagpapasakop sa Lumikha. Nakapasa si Abraham sa pagsubok. Sa karaniwan, hindi kailanman naranasan ni Abraham ang anumang pagbabago sa kapalaran, pero pagkatapos siyang subukin ng Diyos nang ganito, napatunayang totoo ang karaniwang pananalig at pagpapasakop niya; hindi ito panlabas, hindi ito isang islogan. Na may kakayahan pa rin si Abraham na magpakita ng di-mapagkompromisong pagpapasakop sa ilalim ng ganitong pangyayari—matapos magsalita ng gayong mga salita at gumawa ng gayong hinihingi ang Diyos sa kanya—ay tiyak na nangangahulugan ng isang bagay: Sa puso ni Abraham, ang Diyos ay Diyos, at mananatiling Diyos magpakailanman; hindi magbabago ang pagkakakilanlan at diwa ng Diyos anuman ang mga nagbabagong salik. Sa puso niya, ang mga tao ay mananatiling tao magpakailanman at wala silang karapatang makipagtunggali, sumubok na makipagtalo, o makipagkompetensiya sa Lumikha, ni wala silang karapatang analisahin ang mga salitang sinabi ng Lumikha. Naniwala si Abraham na pagdating sa mga salita ng Lumikha o sa anumang hiningi ng Lumikha, walang karapatang pumili ang mga tao; ang tanging bagay na dapat nilang gawin ay magpasakop. Napakalinaw ng saloobin ni Abraham—mayroon siyang tunay na pananalig sa Diyos, at nagbunga ang kanyang tunay na pananalig ng tunay na pagpapasakop, kaya anuman ang gawin o hilingin sa kanya ng Diyos, o anumang gawa ang isinagawa ng Diyos, isang bagay man ito na nakita, narinig, o personal na naranasan ni Abraham, wala sa mga ito ang makakaapekto sa tunay niyang pananalig sa Diyos, lalong hindi ito makakaapekto sa mapagpasakop na saloobin niya sa Diyos. Nang sabihin ng Lumikha ang isang bagay na walang pagsasaalang-alang sa mga damdamin ng tao, isang bagay na hindi makatarungang hingin sa tao, gaano man karaming tao ang sumama ang loob dahil sa mga salitang ito, lumaban sa mga ito, nag-analisa at sumuri sa mga ito, o hinamak pa nga ang mga ito, nanatiling hindi naapektuhan ang saloobin ni Abraham sa kapaligiran ng mundo sa labas. Hindi nagbago ang pananalig at pagpapasakop niya sa Diyos, at ang mga ito ay hindi lang mga salitang sinambit mula sa kanyang bibig, o mga pormalidad; sa halip, gumamit siya ng mga katunayan para patunayang ang Diyos na pinaniniwalaan niya ay ang Lumikha, na ang Diyos na pinaniniwalaan niya ay ang Diyos sa langit. Ano ang nakikita natin mula sa lahat ng ipinamalas ni Abraham? Nakikita ba natin ang mga pagdududa niya sa Diyos? Nagkaroon ba siya ng mga pagdududa? Sinuri ba niya ang mga salita ng Diyos? Inanalisa ba niya ang mga ito? (Hindi.) Sinasabi ng ilang tao, “Kung hindi niya sinuri o inanalisa ang mga salita ng Diyos, bakit siya nababagabag?” Hindi mo ba siya pinapayagang mabagabag? Nakaramdam siya ng labis na pagkabagabag pero nagawa pa rin niyang magpasakop—kaya mo bang magpasakop kahit hindi ka nababagabag? Gaano nga ba kalaki ang pagpapasakop sa loob mo? Ang katunayang ang ganitong paghihirap at pasakit ay walang epekto sa pagpapasakop ni Abraham ay nagpapatunay na ang pagpapasakop na ito ay totoo, na hindi ito kasinungalingan. Ito ang patotoo sa Diyos ng isang nilikhang tao

sa harap ni Satanas, sa harap ng lahat ng bagay, sa harap ng lahat ng nilikha, at ang patotoong ito ay napakamakapangyarihan, napakahalaga!

Sa mga kuwento nina Noe at Abraham, at sa kuwento ni Job, ano ba ang nasa pag-uugali at pananalita nila, sa saloobin at bawat salita at gawa nila nang sumapit sa kanila ang mga salita at kilos ng Diyos, ang labis na nakaantig sa mga susunod na henerasyon? Ang pinakanakaantig sa mga tao hinggil sa saloobin ng tatlong indibidwal na ito sa mga salita ng Diyos, at sa pag-uugali, pananalita, at saloobin nila pagkatapos nilang marinig ang mga salita ng Diyos, at pagkatapos marinig ang iniutos at hiningi ng Diyos, ay kung gaano kadalisay at kapursigido ang sinseridad nila sa Diyos, ang Lumikha. Sa mga tao ngayon, ang kadalisayan at pagpupursiging ito ay puwedeng tawaging kamangmangan at pagkahumaling; pero para sa Akin, ang kadalisayan at pagpupursigi nila ang pinakanakakagiliw at pinakanakakaantig na bagay tungkol sa kanila, at higit pa rito, ang mga bagay na tila hindi kayang abutin ng ibang tao. Mula sa mga indibidwal na ito, tunay Kong naunawaan at nasaksihan kung ano ang hitsura ng isang mabuting tao; mula sa pag-uugali at pananalita nila, pati na rin ang saloobin nila nang naharap sa mga salita ng Diyos, at nang napakinggan nila ang mga salita ng Diyos, nakikita Ko kung ano ang mga taong itinuturing ng Diyos na matuwid at perpekto. At ano ang pinakakapansin-pansing pakiramdam na naranasan Ko matapos basahin at unawain ang mga kuwento ng mga taong ito? Ito ay ang malalim na paggunita, pagkagiliw, at pagpipitaganan sa mga indibidwal na ito. Hindi ba't isa itong pakiramdam ng pagkaantig? Bakit mayroon Akong ganitong uri ng pakiramdam? Sa kabuuan ng mahabang kasaysayan ng sangkatauhan, wala pang aklat ng kasaysayan na nakatuon sa pagtatala, pagpupuri, at pagpapalaganap sa mga kuwento ng tatlong tao na ito, ni wala pang sinuman ang gumamit ng mga kuwento nila para turuan ang mga susunod na henerasyon, tinatrato sila bilang mga tao na dapat tularan ng mga susunod na henerasyon. Pero may isang bagay na hindi alam ng mga tao sa mundo: Sa iba't ibang panahon, nakarinig ng iba't ibang bagay mula sa Diyos ang bawat isa sa tatlong taong ito, nakatanggap ng iba't ibang atas mula sa Diyos ang bawat isa sa kanila, iba't iba ang mga hiningi ng Diyos sa bawat isa sa kanila, gumawa ng magkakaibang bagay para sa Diyos ang bawat isa, at tinapos nila ang iba't ibang gawaing ipinagkatiwala sa kanila ng Diyos—pero isang bagay ang pareho sa kanilang lahat. Ano ito? Nakatugon silang lahat sa mga ekspektasyon ng Diyos. Pagkatapos nilang marinig magsalita ang Diyos, nagawa nilang tanggapin ang ipinagkatiwala at hiningi sa kanila ng Diyos, at pagkatapos niyon, nagawa nilang magpasakop sa lahat ng sinabi ng Diyos, nagawa nilang magpasakop sa bawat bagay na narinig nilang hinihingi sa kanila ng Diyos. Ano ang ginawa nila na tumugon sa mga ekspektasyon ng Diyos? Sa lahat ng sangkatauhan, naging mga huwaran sila sa pakikinig, pagtanggap, at pagpapasakop sa mga salita ng Diyos, at sa pagbibigay ng matunog na patotoo sa Diyos sa harap ni Satanas. Dahil mga huwaran sila para sa sangkatauhan, at perpekto at matuwid sila sa mga mata ng Diyos, ano, sa huli, ang pinakamahalagang impormasyong ipinapahiwatig nito sa atin? Na ito ang uri ng tao na gusto ng Diyos, isang tao na may kakayahang

maarok ang sinasabi ng Diyos, na ginagamit ang puso niya para makinig, makaarok, makaintindi, makaunawa, at magpasakop at tumupad sa mga salita ng Lumikha; mahal ng Diyos ang ganitong uri ng tao. Kahit gaano pa kahirap ang mga pagsubok at hamon na ibinigay sa kanila ng Diyos bago pinagtibay ng Diyos ang mga matuwid na gawa nila, kapag nagbigay sila ng matunog na patotoo sa Diyos, sila ang nagiging pinakamahalaga sa mga kamay ng Diyos, at ang mabubuhay magpakailanman sa mata ng Diyos. Ito ang katunayang ipinapakita nito sa atin. Ito ang nais Kong sabihin sa inyo sa pamamagitan ng pagbabahagi tungkol sa mga kuwento nina Noe at Abraham, at ito ang dapat ninyong maunawaan. Ang implikasyon nito ay na iyong mga taong hindi pa rin nauunawaan ang mga salita ng Lumikha, at hindi pa rin alam na responsabilidad, obligasyon, at tungkulin nila ang pakikinig sa mga salita ng Lumikha, at hindi alam na ang pagtanggap at pagpapasakop sa mga salita ng Lumikha ay ang saloobing dapat mayroon ang mga nilikhang tao, gaano man karaming taon na silang sumusunod sa Diyos—ang gayong mga tao ang ititiwalag ng Diyos. Ayaw ng Diyos sa gayong mga tao, kinasusuklaman Niya ang gayong mga tao. Kaya, gaano nga ba karaming tao ang sa huli ay kayang makinig, tumanggap, at ganap na magpasakop sa mga salita ng Lumikha? Kung ilan man ang may kaya. Iyong mga sumusunod sa Diyos sa loob ng maraming taon pero hinahamak pa rin ang katotohanan, lantarang nilalabag ang mga prinsipyo, at na hindi kayang tumanggap at magpasakop sa mga salita ng Diyos, sinabi man ang mga ito sa laman o sa espirituwal na mundo, ay haharap sa iisang kalalabasan sa huli: pagkatiwalag.

Tatlumpung taon na ngayon mula nang magkatawang-tao ang Diyos at pumarito para gumawa sa lupa. Nagsalita Siya ng maraming salita at nagpahayag ng maraming katotohanan. Paano man Siya magsalita, anumang paraan ang ginagamit Niya sa pagsasalita, at kahit gaano karami ang nilalaman ng mga salita Niya, iisa lang ang hinihingi Niya sa mga tao, na magawa nilang makinig, tumanggap, at magpasakop. Gayumpaman, maraming hindi makaarok o makapagsagawa sa pinakasimpleng hinihinging ito. Malaking problema ito, at ipinapakita nito na ang sangkatauhan ay lubhang naging tiwali, hirap na hirap sa pagtanggap sa katotohanan, at hindi madaling maligtas. Kahit ngayon, sa konteksto ng pagkilala ng mga tao na nilikha ng Diyos ang tao at ang katunayang ang Diyos na nagkatawang-tao ay ang Diyos Mismo, sumasalungat at lumalaban pa rin sa Diyos ang mga tao at tinatanggihan nila ang salita ng Diyos at ang mga hinihingi Niya. Sinusuri, inaanalisa, tinatanggihan, at binabalewala pa nila ang mga salitang sinasabi ng nagkatawang-taong Diyos, nang hindi nauunawaan kung paano dapat tratuhin ng mga nilikha ang salita ng Diyos at kung ano ang dapat nilang saloobin sa salita ng Diyos. Tunay na nakakalungkot ito. Kahit ngayon, hindi alam ng mga tao kung sino sila, kung anong posisyon ang dapat nilang tindigan, o kung ano ang dapat nilang gawin. Palagi pang nagrereklamo ang ilang tao tungkol sa Diyos, sinasabing, “Bakit palaging nagpapahayag ng mga katotohanan ang Diyos sa Kanyang gawain? Bakit palagi Niyang hinihingi na tanggapin namin ang katotohanan? Kapag nagsasalita at gumagawa ang Diyos, dapat kumonsulta muna Siya sa amin, at hindi Niya kami dapat

palaging pinahihirapan. Wala kaming dahilan para sumunod sa Kanya nang lubusan, gusto namin ng karapatang pantao at kalayaan, dapat pagbotohan namin sa pamamagitan ng pagtaas ng kamay ang mga hinihingi ng Diyos sa amin, at dapat din kaming mag-usap-usap lahat at magkasundo. Dapat magpatupad ng demokrasya ang sambahayan ng Diyos at dapat magpasya nang sama-sama ang lahat.” Kahit ngayon, maraming tao ang may ganitong pananaw, at bagama’t hindi nila ito sinasabi nang hayagan, pinanghahawakan nila ito sa puso nila. Kung wala Akong karapatang humingi ng anuman sa iyo, kung wala Akong karapatang hingin na sundin mo ang sinasabi Ko, at hingin ang ganap mong pagpapasakop sa sinasabi Ko, kung gayon, sino ang may karapatan? Kung naniniwala ka na may karapatan ang Diyos sa langit na gawin ito, at na may karapatan ang Diyos sa langit na kausapin ka mula sa kalangitan sa pamamagitan ng kulog, aba, mabuti! Ibig sabihin, hindi Ko na kailangang maging matiyaga at taimtim o magsayang ng hininga Ko sa pakikipag-usap sa iyo—ayaw Ko nang magsalita pa sa iyo. Kung naniniwala ka na may karapatan ang Diyos sa langit na kausapin ka mula sa kalangitan, mula sa mga ulap, kung gayon, sige at makinig ka, hanapin mo ang mga salita Niya—hintayin mo ang Diyos sa langit na magsalita sa iyo mula sa kalangitan, sa mga ulap, sa gitna ng apoy. Pero may isang bagay na dapat malinaw sa iyo: Kung dumating nga ang araw na iyon, dumating na rin ang oras ng kamatayan mo. Mas mabuting huwag na lang dumating ang araw na iyon. “Mas mabuting huwag na lang dumating ang araw na iyon”—ano ang ibig sabihin ng mga salitang ito? Naging tao ang Diyos para personal na kausapin ang tao nang harapan sa lupa, para ipahayag ang mga katotohanan na nagsasabi sa mga tao ng lahat ng dapat nilang gawin, pero mapanlait at mapagsawalang-bahala ang mga tao; sa puso nila, palihim silang lumalaban at nakikipagtunggali sa Diyos. Ayaw nilang makinig, naniniwala silang walang karapatan ang Diyos sa lupa na subukang pamahalaan ang mga tao. Nasisiyahan o naiinis ba ang Diyos sa saloobing ito ng mga tao? (Naiinis Siya.) At ano ang gagawin ng Diyos kapag naiinis Siya? Mahaharap sa poot ng Diyos ang mga tao—naiintindihan ninyo ito, hindi ba? Ang poot ng Diyos, hindi ang pagsubok ng Diyos; magkaibang konsepto ang dalawang ito. Kapag dumating ang poot ng Diyos sa mga tao, nasa panganib sila. Sa palagay ninyo, napopoot ba ang Diyos sa mga minamahal Niya? Napopoot ba Siya sa mga karapat-dapat na mamuhay sa liwanag ng mukha Niya? (Hindi.) Sa anong klase ng tao napopoot ang Diyos? Sa mga sumunod sa Kanya nang maraming taon pero hindi pa rin nauunawaan ang mga salita Niya, na hindi pa rin alam na dapat silang makinig sa mga salita ng Diyos, na walang kamalayang tumanggap at magpasakop sa mga salita ng Diyos, tutol at nasusuklam ang Diyos sa mga gayong tao, at ayaw Niya silang iligtas. Nauunawaan ninyo ito, hindi ba? Kaya, ano ang dapat na saloobin ng mga tao sa Diyos, sa Diyos na nagkatawang-tao, at sa katotohanan? (Dapat kaming makinig, tumanggap, at magpasakop.) Tama iyan. Dapat kayong makinig, tumanggap, at magpasakop. Wala nang mas sisimple pa kaysa rito. Pagkatapos makinig, dapat tanggapin ninyo ito sa inyong puso. Kung hindi ninyo kayang tanggapin ang isang bagay, dapat patuloy kayong maghanap hanggang

kaya na ninyo ang ganap na pagtanggap—pagkatapos, sa sandaling matanggap na ninyo ito, dapat kayong magpasakop. Ano ang ibig sabihin ng magpasakop? Ang ibig sabihin nito ay isagawa at tuparin. Huwag isawalang-bahala ang mga bagay pagkatapos marinig ang mga ito, nangangakong gagawin ang mga ito sa panlabas, isinusulat ang mga ito, itinatala ang mga ito sa papel, pinapakinggan ang mga ito gamit ang mga tainga ninyo, pero hindi isinasapuso ang mga ito, at patuloy lang sa dati ninyong gawi at ginagawa kung ano ang gusto ninyo kapag dumating ang oras na kailangan nang kumilos, isinasantabi ang isinulat ninyo at itinuturing itong hindi mahalaga. Hindi ito pagpapasakop. Ang tunay na pagpapasakop sa mga salita ng Diyos ay nangangahulugan ng pakikinig sa mga ito at pag-arok sa mga ito sa inyong puso, at tunay na pagtanggap sa mga ito—pagtanggap sa mga ito bilang hindi maiiwasang responsabilidad. Hindi lang ito bastang pagsasabi na tinatanggap ng isang tao ang mga salita ng Diyos; sa halip, pagtanggap ito sa mga salita Niya nang mula sa puso, ginagawang mga praktikal na pagkilos ang pagtanggap mo sa mga salita Niya at ipinapatupad ang mga salita Niya, nang walang anumang paglihis. Kung ang iniisip mo, kinikilos mo, at ang halagang ibinabayad mo ay lahat para matugunan ang mga hinihingi ng Diyos, pagpapatupad iyan sa mga salita ng Diyos. Ano ang ipinapahiwatig ng “pagpapasakop”? Pagsasagawa at pagpapatupad ang ibig sabihin nito, ginagawang realidad ang mga salita ng Diyos. Kung isusulat mo ang mga salitang sinasabi ng Diyos at ang mga hinihingi Niya sa isang kuwaderno at sa papel, pero hindi mo itinatala ang mga ito sa puso mo, at ginagawa mo ang gusto mo kapag dumating na ang oras para kumilos, at sa panlabas, parang ginawa mo lang ang hiningi ng Diyos, pero ginawa mo ito ayon sa sarili mong kalooban, kung gayon, hindi ito pakikinig, pagtanggap, at pagpapasakop sa mga salita ng Diyos, paghamak ito sa katotohanan, lantarang paglabag sa mga prinsipyo, at pagbabalewala sa mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos. Paghihimagsik ito.

Nang minsan, ipinagkatiwala Ko sa isang tao na gawin ang isang bagay. Habang ipinaliliwanag Ko ang gampanin sa kanya, maingat niya itong itinatala sa kanyang kuwaderno. Nakita Ko kung gaano siya kaingat sa pagtala nito—tila nakadarama siya ng pasanin para sa gawain, at mayroon siyang maingat at responsableng saloobin. Nang maipaliwanag Ko na ang trabaho sa kanya, naghintay na Ako ng ulat; dalawang linggo ang lumipas subalit hindi pa rin siya nagpadala ng mensahe. Kaya, nagkusa Akong hanapin siya, at kinumusta Ko ang trabahong ibinigay Ko sa kanya. Sabi niya, “Naku—nakalimutan ko! Sabihin Mo nga ulit sa akin.” Ano ang naramdaman ninyo sa sagot niya? Ganyan ang uri ng saloobin niya kapag gumagawa ng trabaho. Naisip Ko, “Talagang hindi mapagkakatiwalaan ang taong ito. Lumayo ka sa Akin, bilis! Ayaw Ko nang makita kang muli!” Gayon ang naramdaman Ko. Kaya, sasabihin Ko sa inyo ang isang katunayan: Hindi ninyo dapat kailanman iugnay ang mga salita ng Diyos sa mga kasinungalingan ng isang manloloko—ang paggawa niyon ay kasuklam-suklam sa Diyos. May ilang nagsasabi na ginagawa nila ang mga ipinapangako nila, na tinutupad nila ang sinasabi nila. Kung gayon nga, pagdating sa mga salita ng Diyos, magagawa

kaya nila ang mga sinasabi ng mga salitang iyon kapag narinig nila ang mga iyon? Maipapatupad ba nila ang mga iyon nang kasing-ingat sa paggawa nila ng mga personal nilang gawain? Bawat pangungusap ng Diyos ay mahalaga. Hindi Siya nagsasalita nang pabiro. Ang sinasabi Niya ay kailangang isakatuparan at ipatupad ng mga tao. Kapag nagsasalita ang Diyos, kinokonsulta ba Niya ang mga tao? Siguradong hindi. Tinatanong ka ba Niya ng mga bagay na may mga pagpipilian? Siguradong hindi. Kung matatanto mo na ang mga salita at atas ng Diyos ay mga utos, na kailangang gawin ng tao ang sinasabi ng mga ito at ipatupad ang mga iyon, obligasyon mong ipatupad at isagawa ang mga iyon. Kung iniisip mo na biro lang ang mga salita ng Diyos, mga kaswal na salita lamang na maaaring gawin—o hindi gawin—paano man gustuhin ng isang tao, at gayon ang trato mo sa mga ito, wala kang katwiran at hindi ka angkop na tawaging tao. Hindi ka na kakausaping muli ng Diyos kailanman. Kung ang isang tao ay palaging gumagawa ng sarili niyang mga pagpapasya pagdating sa mga hinihingi ng Diyos, sa Kanyang mga utos at sa Kanyang atas, at tintrato niya ang mga ito nang may pabasta-bastang saloobin, isa siyang uri ng tao na kinamumuhian ng Diyos. Sa mga bagay na direkta Kong inuutos at ipinagkakatiwala sa iyo, kung palagi mong kailangan na pangasiwaan kita at himukin, subaybayan, palagi mo Akong pinag-aalala at pinagtatanong, na kinakailangan Ko pang siyasatin ang lahat para sa iyo sa bawat pagkakataon, kailangan kang itiwalag. Marami ang ganitong uri ng tao sa mga kasalukuyang itiniwalag mula sa sambahayan ng Diyos. Tinatagubilinan Ko sila ng ilang bagay at tinatanong Ko sila pagkatapos: “Naitala mo ba ang lahat ng iyon? Malinaw ba ito? May mga tanong ka ba?” Tumutugon naman sila: “Naunawaan ko ang lahat, walang problema rito, walang dapat alalahanin!” Madali silang sumasang-ayon na gawin ang mga ito, inilalagay pa nila ang kamay nila sa dibdib at ipinapanumpa ito sa Akin. Pero tinutupad ba talaga nila ang mga bagay na ito pagkatapos nilang sumang-ayon? Hindi, basta na lang silang nawawala na parang bula at wala nang balita sa kanila. Ginagawa nila kaagad ang mga bagay na gusto nila, kumikilos nang mabilis at walang alinlangan. Madali nilang sinasang-ayunan ang mga bagay na ipinagkakatiwala Ko sa kanila, pero binabalewala na lang nila ito pagkatapos, at kapag kinukumusta Ko sila tungkol dito kalaunan, nalalaman Ko na wala silang anumang ginawa. Walang anumang konsensiya o katwiran ang ganitong klaseng tao. Wala silang silbi at hindi sila karapat-dapat sa paggawa ng tungkulin. Mas masahol pa sila sa isang baboy o aso. Kapag may alagang bantay na aso ang isang tao, kapag wala sa bahay ang tao, nakakatulong ang aso na bantayan ang bahay at bakuran kapag may dumarating na mga estranghero. Maraming tao ang hindi man lang kasinghusay ng mga aso sa paggawa ng mga bagay. May mga tao na palaging kailangang may nagbabantay sa kanila para lang magawa nila kahit kaunting bahagi ng kanilang tungkulin, at palaging kailangang may nagpupungos sa kanila, at nagmamasid sa kanila bago sila gumawa ng anumang bagay. Paggawa ba ito ng tungkulin? Sinungaling ang mga taong ito! Kung hindi naman pala nila planong gawin ito, bakit sila sumang-ayon dito? Hindi ba’t sadya itong panlilinlang sa mga tao? Kung naisip nilang magiging mahirap ang gawain, bakit

hindi nila sinabi nang maaga? Bakit sila nangako na isasagawa nila ito at pagkatapos ay hindi naman nila gagawin? Kung nililinlang nila ang ibang tao, walang magagawa ang mga tao sa kanila, pero kung nililinlang nila ang Diyos, ano ang mga kahihinatnan? Ang ganitong uri ng tao ay dapat disiplinahin at itiwag! Sa palagay ninyo, hindi ba't masasamang tao ang mga humahamak sa katotohanan at lantarang lumalabag sa mga prinsipyo? Masasamang tao silang lahat, mga demonyo silang lahat, at dapat silang itiwag! Dahil ang mga taong ito ay kumikilos nang walang pakundangan, lumalabag sa mga prinsipyo, mapaghimagsik at suwail, nagtatatag ng sarili nilang kaharian, at dahil tamad at iresponsable sila, nagdulot sila ng malalaking kawalan sa iglesia! Sino ang makakapagbayad ng mga gayong kawalan? Walang sinuman ang makakayang akuin ang gayong responsabilidad. Ang mga taong ito ay nagrereklamo at nananatiling hindi kumbinsido at hindi nasisiyahan kapag pinupungusan sila. Hindi ba't mga hindi makatwirang demonyo ang mga taong ito? Talagang wala na silang pag-asa at dapat matagal na silang itiniwalag!

Nauunawaan ba ninyo kung ano ang punto ng mga kuwento nina Noe at Abraham na pinagbahaginan natin ngayon? Mataas ba ang mga hinihingi ng Diyos sa tao? (Hindi.) Ang hinihingi ng Diyos sa tao ang pinakapundamental sa isang nilikhang tao; hindi naman talaga mataas ang mga hinihingi Niya, at napakapraktikal at napakamakatoohan ng mga ito. Dapat may tunay na pananalig at ganap na pagpapasakop ang mga tao para sang-ayunan sila ng Diyos; tanging ang mga nagtataglay ng dalawang bagay na ito ang tunay na naliligtas. Pero para sa mga lubhang naging tiwali, iyong mga humahamak sa katotohanan at tutol sa mga positibong bagay, at para sa mga mapanlaban sa katotohanan, wala nang mas mahirap pa kaysa sa dalawang bagay na ito! Makakamit lang ito ng mga may dalisay at bukas na puso sa Diyos, iyong mga may taglay na pagkatao, katwiran, at konsensiya, at nagmamahal sa mga positibong bagay. Taglay ba ninyo ang mga bagay na ito? At kanino matatagpuan ang pagtitiyaga at kadalisayan na dapat taglayin ng mga tao kaugnay sa Diyos? Sa usapin ng edad, lahat kayong nakaupo rito ay mas bata kaysa kina Noe at Abraham, pero pagdating sa kadalisayan, hindi kayo maikukumpara sa kanila. Wala sa inyo ang kadalisayan, katalinuhan, at karunungan; pero sa kabilang banda, mayaman kayo sa maliliit na panlalansi. Kaya, paano malulutas ang problemang ito? Mayroon bang anumang paraan para matupad ang mga hinihingi ng Diyos? Mayroon bang landas? Saan magsisimula? (Sa pamamagitan ng pakikinig sa mga salita ng Diyos.) Tama iyan: sa pagkatutong makinig at magpasakop. Sinasabi ng ilang tao, "Minsan, ang sinasabi ng Diyos ay hindi ang katotohanan, at hindi madaling magpasakop sa mga ito. Kung nagsasabi ang Diyos ng ilang salita ng katotohanan, magiging madali ang pagpapasakop." Tama ba ang mga salitang ito? (Hindi.) Ano ang natuklasan ninyo sa mga kuwento nina Noe at Abraham na tinalakay natin ngayon? Nakatalagang tungkulin ng tao ang pagsunod sa salita ng Diyos at pagpapasakop sa mga hinihingi ng Diyos. At kung may sinasabi ang Diyos na hindi ayon sa mga kurukuro ng tao, hindi ito dapat analisahin o siyasatin ng tao. Sinuman ang kinokondena o

itiniwalag ng Diyos, gaano man karaming tao ang magkakaroon ng mga kuru-kuro at paglaban, hindi magbabago magpakailanman ang pagkakakilanlan ng Diyos, ang diwa Niya, ang disposisyon Niya, at ang katayuan Niya. Siya ay Diyos magpakailanman. Dahil wala kang pag-aalinlangan na Siya ang Diyos, ang tangi mong responsabilidad, ang tanging bagay na dapat mong gawin, ay sundin ang sinasabi Niya at magsagawa ayon sa salita Niya; ito ang landas ng pagsasagawa. Hindi dapat magsiyasat, mag-analisa, magtalakay, tumanggi, kumontra, maghimagsik, o magtakwil ang isang nilikha sa mga salita ng Diyos; kinamumuhian ito ng Diyos, at hindi ito ang nais Niyang makita sa tao. Paano nga ba dapat tratuhin ang mga salita ng Diyos? Paano mo ito dapat isagawa? Ang totoo, napakasimple nito: matutong sumunod sa mga ito, pakinggan ang mga ito gamit ang puso mo, tanggapin ang mga ito gamit ang puso mo, unawain at arukin ang mga ito gamit ang puso mo, at pagkatapos ay isagawa at ipatupad ang mga ito gamit ang puso mo. Ang naririnig at naaarok mo sa puso mo ay dapat na malapit na konektado sa pagsasagawa mo. Huwag paghiwalayin ang dalawang ito; lahat ng bagay—ang isinasagawa mo, kung saan ka nagpapasakop, ang ginagawa mo mismo, lahat ng pinagsusumikapan mo—ay dapat na nauugnay sa mga salita ng Diyos, pagkatapos, dapat kang magsagawa ayon sa mga salita Niya at ipatupad mo ang mga ito sa pamamagitan ng mga kilos mo. Iyon ang ibig sabihin ng pagpapasakop sa mga salita ng Lumikha. Ito ang landas ng pagsasagawa sa mga salita ng Diyos.

Hulyo 18, 2020

Ikasampung Aytem: Hinahamak Nila ang Katotohanan, Lantarang Nilalabag ang mga Prinsipyo, at Binabalewala ang mga Pagsasaayos ng Sambahayan ng Diyos (Ikalimang Bahagi)

III. Hinahamak ang mga Salita ng Diyos

Ngayon, ipagpapatuloy natin ang ating pagbabahaginan noong nakaraan, na nagtalakay sa ikasampung pagpapamalas ng mga anticristo—hinahamak nila ang katotohanan, lantarang nilalabag ang mga prinsipyo, at binabalewala ang mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos. Nahahati ang aytem na ito sa tatlong seksyon. Ang unang dalawa ay napagbahaginan na, at ngayon ay pagbabahaginan natin ang ikatlo: Hinahamak ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos. Noong nakaraan, ang ilang pagpapamalas at kasabihan tungkol sa aspektong ito ay napagbahaginan na, tulad ng kung paanong ang mga anticristo ay nagdududa sa mga salita ng Diyos, hindi naniniwala sa mga ito, at napupuno ng pagkamausisa tungkol sa mga ito, walang anumang elemento ng paniniwala at binubuo lang ng pagdududa, pagsubok, at espekulasyon. Sa madaling salita, hindi itinuturing ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan, ni hindi nila isinasagawa ang mga ito. Kapag nahaharap sa mga usapin, hindi nila hinahanap ang mga prinsipyo ng pagsasagawa ayon sa mga salita ng Diyos. Sa puso nila, madalas silang nagkikimkim ng pagdududa, paglaban, at pagtanggì sa mga salita ng Diyos. Ang lahat ng ito ay masasabing mga pagpapamalas ng paghamak ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos. Ngayon, magpapatuloy tayo sa pagbabahaginan tungkol sa mga mas malalim at partikular na saloobin at kilos ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos, para himayin kung paano mismo nila hinahamak ang mga salita ng Diyos. Tungkol sa kung paano hinahamak ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos, magpapatuloy tayo sa pagbabahaginan sa kada aytem. Hindi ba't magiging mas malinaw ang ganitong paraan? (Oo.) Kung magbabahagi Ako sa pangkalahatang paraan ngayon, at kayo ay nagtataglay ng partikular na kakayahang makaarok, sapat na kakayahan, at espirituwal na pang-unawa, at madalas na nakakatanggap ng liwanag mula sa mga salita ng Diyos, kung gayon, ang dati Kong ibinahagi ay talagang sapat na para sa inyo. Gayumpaman, karamihan sa mga tao ay hindi nagtataglay ng kakayahang maarok ang mga salita ng Diyos; hindi nila naaabot ang antas kung saan maituturing nila ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan na dapat arukin. Samakatwid, kailangan nating pagbahaginan ang kada aytem. Ang paksang ito ay partikular na nahahati sa ilang mas maliit na seksyon.

A. Arbitraryong Binabaluktot at Binibigyang-kahulugan ng mga Anticristo ang mga Salita ng Diyos

Ang unang aytem ay na arbitraryong binabaluktot at binibigyang-kahulugan ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos. Noong nakaraan, pinagbahaginan natin ang

aspektong ito sa pamamagitan ng ilang partikular na halimbawa, bagama't hindi sa paraang may pinupuntirya at detalyadong paghihimay, kundi pahapyaw lang. Ano ang mga pagpapamalas ng mga anticristo na arbitraryong binabaluktot at binibigyang-kahulugan ang mga salita ng Diyos? Sa aytem na ito, paano kumikilos ang mga anticristo? Ang katunayan na ang mga anticristo ay nagpapakita ng gayong pag-uugali at kumikilos nang gayon sa mga salita ng Diyos ay nagpapahiwatig, mula sa pananaw ng kalikasan nila, na hindi nila pinaniniwalaan sa puso nila na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan, na ang mga ito ay banal, at hindi nalalabag. Anumang aspekto ng mga salita ng katotohanan ang ipahayag ng Diyos, ito man ay tila simple o malalim para sa mga tao, ito ay mga salita ng Diyos pa rin, ito ang katotohanan, at hindi mahihiwalay sa buhay pagpasok, pagbabago ng disposisyon, at kaligtasan ng isang tao. Gayumpaman, hindi ito nakikita ng mga anticristo sa ganitong paraan; wala silang kamalayan dito sa puso nila, ni wala sila ng gayong kamalayan o pagkaunawa. Hindi sila naniniwala na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan, ni hindi nila kinikilala ang malaking kahalagahan ng mga salita ng Diyos para sa buhay pagpasok ng isang tao. Sa kabaligtaran, naniniwala sila na ang mga salita ng Diyos, sa panlabas, ay tila mga salita lang ng tao, at medyo ordinaryo. Tila mahalaga lang ang mga ito dahil lahat ng sumusunod sa Diyos, ang sambahayan ng Diyos, at ang iglesia ay tinawag ang mga ito na “mga salita ng Diyos.” Pero sa realidad, sa panlabas, ang mga salita ng Diyos ay tila mga karaniwang parirala na madalas sabihin ng mga tao. Sa literal, naglalaman ang mga salitang ito ng mga elemento ng wika ng tao, naglalaman ang mga ito ng lohika, pag-iisip, at diksiyon ng wika ng tao, kasama ang ilang kolokyal na ekspresyon, idyoma, kasabihan, at maging ang ilang salawikain na may dalawang bahagi. Hindi nakikita ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos bilang isang bagay na dakila, hindi maunawaan, o malalim tulad ng maaaring isipin ng iba, hindi tulad ng mga maalamat na kasulatan mula sa langit. Para sa kanila, payak at karaniwan lang ang mga ito. Kaya, pagkatapos ng masusing pagsisiyasat, sa huli ay nakakabuo sila ng isang depinisyon sa puso nila: Ang mga salitang ito ay simpleng wika lang, medyo praktikal, isang bagay na dapat basahin ng mga mananampalataya, mga salitang makakatulong sa pag-uugali at pananalig ng isang tao. Pagkatapos ng maraming pagbabasa, ito ang kongklusyon na nabubuo nila. Maging ang ilang anticristo at hambog na tao ay dinadampot ang mga salita ng Diyos at nagbabasa ng napakaraming kabanata at pahina sa isang upuan lang. Binabasa pa ng ilan ang aklat na Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao mula umpisa hanggang dulo sa loob ng isang buwan, na nag-iiwan ng ilang malalim na impresyon sa isipan at pag-iisip nila. Nagkakamit sila ng pangkalahatang pagkaunawa sa ilang espirituwal na terminolohiya, sa tono at paraan ng pananalita ng Diyos, at maging sa nilalaman ng mga salita ng Diyos sa iba't ibang yugto. Pagkatapos magbasa, sinasabi nila, “Pangkaraniwan lang ang mga salita ng diyos. Nabasa ko na ang lahat ng ito sa isang upuan lang at naunawaan ko ang pangkalahatang nilalaman ng anim-na-libong-taong plano ng pamamahala ng diyos. Kaya, hindi ganoon kalalim ang mga salita ng diyos. Ang iangat ang mga salita ng diyos sa antas ng

katotohanan, bilang isang bagay na mahalaga para sa buhay pagpasok ng mga tao, ay tila isang kalabisan.” Samakatwid, paano man nila tingnan ang mga salitang ito, ang pinakadepinasyon nila sa mga salita ng Diyos sa puso nila ay na ang mga ito ay hindi kasinglalim o kasinghirap unawain tulad ng iniisip ng mga tao. Ang sinumang may pinag-aralan at may mata ay mauunawaan ang mga ito. Pagkatapos ng paulit-ulit na pagbabasa, bukod sa nabigo silang kilalanin o maunawaan ang iba’t ibang katotohanan tungkol sa buhay pagpasok na dapat maunawaan ng mga tao mula sa mga salita ng Diyos, nagkakamit ng kaliwanagan, pagtustos, at tulong mula sa mga ito, nararamdaman din nila na ang mga salita ng Diyos ay malayo sa katotohanan at sa mga kasulatan mula sa langit. Pagkatapos mabuo ang gayong kongklusyon, mas lalo pang hinahamak ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos. Naniniwala sila na ang mga salita ng Diyos ay ganito lang, na ang Diyos ay ganito lang, at na ang katotohanan ay ganito lang. Dahil sa gayong saloobin at pagkaunawa, ang panloob na paninindigan ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos at sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao ay nagdudulot ng lalo pa nilang paghamak sa mga salita ng Diyos at sa katotohanan. Ginagamit nila ang kanilang kaalaman at talino, umaasa sila sa kanilang mga alaala at angking talas, para mabilis na maarok ang nilalaman at ang diumano’y mga prinsipyo ng mga salitang ito, pati na rin ang ilang tono, estilo, at diksiyon na ginamit sa mga ito, na ang diksiyon nito ay naglalaman ng mga karaniwang ekspresyon at idyoma. Pagkatapos, nararamdaman nilang nakamit na nila ang lahat at nasa kanila na ang lahat. Ang gayong pagkaunawa at saloobin ay nagdudulot ng lalo pa nilang walang pakundangang paghamak at pagkuwestiyon sa mga salita ng Diyos sa puso nila at ng lalo pang pagdududa sa pagkakakilanlan at diwa ng Diyos.

Kung titingnan mula sa kalikasan ng mga anticristo, makikita na sila ay tutol sa katotohanan, hinahamak ang mga positibong bagay, hinahamak ang kababaang-loob at pagiging tago ng Diyos, at hinahamak ang katapatan, pagiging totoo, at pagiging kaibig-ibig ng Diyos. Ang serye ng panghahamak na ito ay nagdudulot sa mga anticristo na isagawa nang hindi namamalayan at natural ang ilang nakakasuklam na kilos na kinamumuhian at kinokondena ng Diyos. Kasama sa mga kilos na ito ang arbitraryong pagbabaluktot at pagbibigay-kahulugan sa mga salita ng Diyos. Ano ang ibig sabihin ng pagbabaluktot? Hindi naniniwala ang mga anticristo na may katotohanan sa mga salita ng Diyos, hindi sila naniniwala na ang mga salita ng Diyos ay kayang magbigay ng buhay sa mga tao, at lalong hindi sila naniniwala na ang mga salitang ito ang pundasyong inaasahan ng tao para mabuhay at ang direksyon at landas para sa pag-unlad ng tao. Samakatwid, hindi nila nauunawaan kung bakit nagsasalita ang Diyos sa ganitong mga paraan, ni hindi nila alam kung bakit sinasabi ng Diyos ang gayong mga salita sa isang partikular na konteksto, at lalong wala silang ideya kung bakit sinasabi ng Diyos ang mga partikular na nilalamang ito. Tungkol sa kung paano lumitaw ang mga nilalamang ito, kung ano ang iniisip ng Diyos, at kung ano ang pakay ng Diyos na obserbahan, isakatuparan, at idulot sa mga tao habang sinasabi ang mga salitang ito, pati na rin—sa

loob ng mga salitang ito—ang lahat ng pakay ng Diyos na makamit, ang Kanyang mga layunin, at ang katotohanan, ang mga anticristo ay ganap na walang ideya at ignorante—sila ay mga walang alam pagdating dito. Samakatwid, sa puso nila, madalas nilang nararamdaman na hindi dapat sinabi ng Diyos ang pariralang ito sa ganoong paraan, na dapat sumunod ang pangungusap na iyon sa pangungusap na ito, na dapat ipahayag ang pangungusap na ito sa ganitong paraan, na dapat magkaroon ang siping ito ng ganitong tono o ng ganoong intonasyon, na hindi tama ang pagpili ng salitang ito, at na walang pagsasaalang-alang at hindi akma sa pagkakakilanlan ng Diyos ang terminong iyon, kaya nabubuo ang mga opinyon nila. Sa mga mata nila, ang mga salita ng Diyos ay hindi kasingganda ng mga akda ng sinumang sikat o dakilang tao sa mundo. Pakiramdam nila, ang pananalita ng Diyos ay hindi sapat na masusi, na ito ay masyadong maraming salita, at na ang ilang salita, kung masusing sisiyasatin at kung tutuusin, ay hindi mahigpit na umaayon sa mga panuntunan ng gramatika at leksikon ng tao. “Paanong magkakaroon ng katotohanan sa mga salitang ito? Paanong magiging mga salita ng diyos ang mga ito? Paanong ang mga ito ay magiging ang katotohanan?” Nagkakalkula at nagbubulay ang mga anticristo sa puso nila, at kasabay nito ay nagdududa at kumokondena sila. Nang may gayong saloobin, gayong pag-iisip, at gayong pananaw sa mga salita ng Diyos, inihahanda ng mga anticristo ang mga maladiyablo nilang kuko.

Naaalala Ko na ilang taon na ang nakalipas, may isang insidenteng nangyari sa pangkat ng mga gumagawa ng himno. Gusto nilang lumikha ng musika para sa isang mahalagang sipi ng mga salita ng Diyos na aawitin sa iglesia. Habang ginagawa ang komposisyon, natuklasan nila na ang haba ng pananalita ng Diyos at ang bilang ng mga salita ay hindi tugma sa melodiya; ang bawat linya ng mga liriko ay may masyadong maraming salita. Bukod dito, kung ilalapat sa mga salita ng Diyos ang buong melodiya ng awit, nagmumukhang masyadong marami at masyadong mahaba ang mga salita. Kaya, ano ang solusyon nila? Nakahanap sila ng paraan: Iniba nila ang ilang parirala at diksiyon ng mga salita ng Diyos nang hindi binabago ang literal na kahulugan ng mga ito—halimbawa, ang idyomang may apat na karakter ay ginawa nilang may dalawang karakter lamang, o tinanggal nila ang mga pangungusap na tila mahaba, hindi kailangan, at walang saysay. Ayon sa prinsipyong ito, inilapat nila ang binagong bersiyon ng mga salita ng Diyos sa musika at ipinalaganap ito sa iglesia para kantahin. Karamihan sa mga tao, na magulo ang isip, ay inakalang ito ay isang himno ng mga salita ng Diyos, pero sino ang mag-aakala na ang naturang sipi ay hindi talaga mga salita ng Diyos? Ito ay isang siping arbitraryong binago at pinaikli ng mga anticristo, pinakialaman at iniba. Kalaunan, nang ang himnong ito ay inihahanda para sa isang programa, tinanong Ko kung sa aling kabanata ng mga salita ng Diyos pinili ang naturang himno. Sinabi nila sa Akin na ito ay batay sa unang sipi ng isang partikular na kabanata. Hinanap Ko ang siping iyon at ikinumpara ito sa nasa aklat ng himno, at labis Akong nabigla. Ang sipi sa aklat ng himno ay naturingang isang napiling bahagi mula sa kabanatang iyon ng mga salita ng Diyos, pero ito ay lubhang iniba na hindi na ito makilala. Nawala ang tono ng pananalita,

maraming mahalagang salita ang tinanggal, magulo ang nilalaman ng pananalita, at maging ang pagkakasunod-sunod ng mga salita ay nabaligtad. Kung walang nagsabi sa Akin na kinuha ang siping ito mula sa isang partikular na kabanata ng mga salita ng Diyos, sa palagay Ko ay walang makakatukoy kung sa aling kabanata ito nagmula; hinding-hindi ito tumutugma sa orihinal. Sa panlabas, ginagampanan ng mga taong ito ang kanilang tungkulin: Sa pagsasalin ng mga salita ng Diyos sa musika para kantahin at isaisip ng lahat, maaaring patuloy na pamunuan at gabayan ng mga salita ng Diyos ang mga tao, at maaaring tulungan nito ang mga tao na pumasok sa mga salita ng Diyos. Kamangha-manghang gawa ito! Gayumpaman, dahil sa ganap na kawalan ng mga anticristo ng may-takot-sa-Diyos na puso, itinuring nila ang mga salita ng Diyos na parang mga salitang sinabi ng mga ordinaryong tao na nag-uusap, arbitraryong nagtatanggal mula sa mga ito at binabaluktot ang mga ito. Nang hindi nagtatanong ng ni isang tanong at nang walang pahintulot o pagsang-ayon ng sinuman—o maging ng anumang awtorisasyon mula sa sinuman—ganap nilang binago ang mga salita ng Diyos, at gayumpaman, pinaniniwala nila ang mga tao na ginagampanan nila ang tungkulin nila, na inilapat nila ang mga salita ng Diyos sa musika. Anong uri ng pag-uugali at pamamaraan ito? Anong disposisyon mayroon ang mga taong may gayong pag-uugali at gayong pamamaraan? Ang mga gumagamit ng gayong paraan, tumatrato sa mga salita ng Diyos nang may gayong saloobin, may anumang takot ba talaga sa puso nila sa paraan nila ng pagtrato sa mga salita ng Diyos? Pinahahalagahan ba nila ang mga salita ng Diyos? Itinuturing ba nila ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan? Batay sa kanilang walang-galang at kaswal na saloobin sa mga salita ng Diyos, hindi lang sa hindi nila pinahahalagahan ang mga ito, kundi itinuturing din nila ang mga salita ng Diyos bilang mga laruan, kaswal na iniiba ang mga ito ayon sa kagustuhan nila. Hindi ba't ang saloobin nila sa mga salita ng Diyos ay nagpapahiwatig ng saloobin nila sa Diyos Mismo? (Oo.) Parehong-pareho ito. Kumakatawan sa Diyos Mismo ang mga salita ng Diyos; ang mga ito ay isang pagpapahayag ng Diyos, isang pagpapahayag ng Kanyang disposisyon, at isang pagbubunyag ng Kanyang diwa. Kung ang mga tao ay labis na walang galang at kaswal sa mga salita ng Diyos, hindi na kailangang sabihin pa kung paano nila tinatrato ang Diyos Mismo. Napakalaki na ng ipinapahiwatig nito.

Sa panlabas, sumusunod sa Diyos ang mga tao, tinatalikuran ang kanilang sarili, gumugugol, at nagtitiis ng paghihirap para sa Kanya, pero ang saloobin nila sa mga salita ng Diyos ay napakawalang galang at kaswal. Ang mga anticristo ay maaari pa ngang palamutian nang maganda ang aklat na Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao, maaaring balutin nila ito ng tela, at iimbak ito sa pinakaligtas na lugar. Pero ano ang mapapatunayan nito? Maipapakita ba nito na pinahahalagahan nila ang mga salita ng Diyos, na mayroon silang may-takot-sa-Diyos na puso? Mapagtatakpan ba ng mga panlabas na kilos na ito ang walang-galang nilang saloobin sa mga salita ng Diyos? Hindi. Sa tuwing binabasa nila ang mga salita ng Diyos, palagi nilang iniisip na ibahin ang ilang termino, pagpapahayag, at tono sa mga ito. At hanggang saan umaabot ang

kapangahasan ng ilang anticristo? Kapag nakakita sila ng isang bagay sa mga salita ng Diyos na hindi tumutugma sa mga kuru-kuro nila, o sa tingin nila ay hindi tama ang pagpili sa mga salita o kaya ay mali ang gramatika, o kahit kapag naniniwala silang mali ang isang bantas, malakas nilang ipapahayag at papalakihin ang usapin, nais nilang malaman ng buong mundo ang tungkol sa isang maling bantas, isang pagpili ng salitang hindi angkop, o isang pahayag sa mga salita ng Diyos na tila hindi makatwiran. Ikinakalat nila ito nang may mapanlait at mapanghamak na tono. Tila sa mga sandaling ito, sa wakas ay natagpuan na nila ang itinuturing nilang ebidensiya ng mga pagkakamali sa mga salita ng Diyos, isang bagay na maaari nilang magamit para makalamang, isang kapintasan, at sa wakas ay mapapanatag nila ang sarili nila sa kanilang puso na may mga pagkakamali rin ang mga salita ng Diyos at na hindi perpekto ang Diyos. Hindi ba't ito ang disposisyon ng isang anticristo? Pakay ng mga anticristo na hanapan ng mga pagkukulang at pagkakamali ang mga salita ng Diyos; ito ay isang saloobin ng pagkamapanlaban, hindi ito saloobin ng pagpapasakop at pagtanggap. Yamang napag-uusapan na ang tungkol sa mga anticristo na arbitraryong binabaluktot at binibigyang-kahulugan ang mga salita ng Diyos, puwede bang ituring na pagbabaluktot sa mga salita ng Diyos ang insidenteng nangyari sa pangkat ng mga gumagawa ng himno na nabanggit kanina lang? (Oo.) Sabihin ninyo sa Akin, anong uri ng tao ang mag-iiba ng mga salita ng Diyos nang wala sa katwiran? Mayroon ba silang anumang takot sa Diyos? (Wala.) Anong disposisyon ito? Una, itinuturing ba nila ang mga salita ng Diyos bilang mga salita ng Diyos? (Hindi.) Kung gayon, ano ang turing nila sa mga salita ng Diyos? Itinuturing nila ang mga ito na mga salita ng tao. Maaaring katanggap-tanggap na ibahin ang mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan ng mga tao kung hindi magkakaugnay o hindi perpekto ang mga salita, pero ang mangahas na gawin iyon sa mga salita ng Diyos, ano ang kalikasan nito? Hindi ba't ito ay pagkilos nang sinasadya at walang pakundangan nang walang may-takot-sa-Diyos na puso? Ang mangahas na magkomento at baguhin ang mga salita ng Diyos nang wala sa katwiran, ang baguhin ang mga ito sa tuwing hindi umaayon ang mga ito sa sariling mga ideya o pananaw ng isang tao—malubha ba ang kalikasan nito? (Oo.)

Sino pa ang sangkot sa pagbabaluktot sa mga salita ng Diyos? Sa proseso ng pangangaral ng ebanghelyo, nahaharap ang ilang potensyal na tatanggap ng ebanghelyo sa mga salita ng Diyos at nagkakaroon sila ng iba't ibang kuru-kuro tungkol sa tono, estilo, perspektiba ng Kanyang pananalita, at maging sa pagpili ng mga salita at mga panghalip na ginamit, kasama ang marami pang ibang aspekto. May iba't ibang kuru-kuro ang iba't ibang tao; may iba't ibang panlasa at kahingian ang mga mula sa iba't ibang denominasyon. Sinasabi ng ilang miyembro ng pangkat ng mga taga-ebanghelyo, "Mahirap ipangaral ang ebanghelyo sa ganitong paraan! Masyadong malupit ang ilan sa mga salita ng diyos; gamit ang ilan dito, parang isinusumpa niya ang mga tao. Ang mga ito ay hinding-hindi malumanay, walang pagmamahal, at pawang pang-araw-araw na wika lang. Ang ilan ay partikular na nakatuon sa partikular na mga etnisidad, samantalang nagbubunyag ang

iba ng mga misteryo—hindi tinatanggap ng mga tao ang anuman sa mga ito! Nagiging balakid ang mga salitang ito para tanggapin ng mga potensyal na tatanggap ng ebanghelyo ang bagong gawain ng diyos. Ano ang dapat nating gawin?” Sabi ng isang tao, “May solusyon ako. Dahil hindi matanggap ng mga potensyal na tatanggap ng ebanghelyo ang bagong gawain ng diyos dahil sa mga salitang ito, bakit hindi na lang tanggalin ang mga ito? Markahan ang lahat ng salita at nilalaman na ayaw tanggapin ng mga tao, kahit na isang pangungusap lang ito, at alisin ang mga ito kapag maglilimbag na. Sa ganitong paraan, kapag binasa ito ng mga potensyal na tatanggap ng ebanghelyo, wala nang mga salitang makakasakit sa kanilang dangal o mga damdamin, ni wala nang anumang kokontra sa mga kuru-kuro nila. Magiging angkop ang lahat ng salita ng diyos, hindi magkakaroon ng anumang mga kuru-kuro ang mga tatanggap, at matatanggap nila nang maayos ang bagong gawain ng diyos.” Sa pangkat ng mga taga-ebanghelyo, may ilan talagang gumawa nito, at nang hindi man lang nagtatanong o humihingi ng pahintulot mula sa ang Itaas, inilimbag nila at malawakang ipinamahagi ang mga booklet na naglalaman ng mga pinaikli at binaluktot na mga salita ng Diyos na ito. Alang-alang sa kaginhawahan nila sa gawain, para magkamit ng mas maraming tao, para ipakita ang kakayahan nila sa gawain, at para magmukhang tapat sa tungkulin nila, inimbento nila ang pamamaraang ito at isinagawa pa nga ito sa pamamagitan ng paglilimbag nito sa isang aklat. Pero ganap na naiiba ang aklat na ito mula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao. Hindi ba’t ang pamamaraang ito ay pagbabaluktot sa mga salita ng Diyos? (Oo.) Napagtatanto ba ng karamihan sa mga tao na ang pagbabaluktot sa mga salita ng Diyos ay isang paraan ng paglaban sa Diyos? (Oo.) Mayroon bang ganitong kabatiran ang karamihan sa mga tao? Ngayon, pagkatapos ng napakaraming pagbabahaginan, madali ninyong masasabi na mayroon. Ngunit kung kayo ay nangangaral ng ebanghelyo tatlo o limang taon na ang nakalipas, magkakaroon ba kayo ng kabatiran na hindi dapat ibahin ang ni isang salita o pangungusap ng Diyos? Magkakaroon ba kayo ng gayong may-takot-sa-Diyos na puso? (Hindi.) Kaya, sa anong konteksto kayo kulang sa ganitong kabatiran? Ito kaya ay sa konteksto ng ganap na kawalan ng isang may-takot-sa-Diyos na puso na mangangahas kayong arbitraryong baluktutin ang mga salita ng Diyos? Kung ganap na walang may-takot-sa-Diyos na puso ang isang tao, mangangahas siyang arbitraryong baluktutin ang mga salita ng Diyos, na binabago ang orihinal na kahulugan, ang paraan ng pananalita ng Diyos, at ang ninanais na epekto ng isang partikular na sipi ng mga salita ng Diyos, na tinatanggal ang mga layunin, ubod, at diin ng sinasabi ng siping ito—lahat ng ito ay katumbas ng pagbabaluktot.

Ilang taon na ang nakakalipas, sa isang pagkakataong nakasalamuha ko ang isang miyembro ng pangkat ng mga taga-ebanghelyo, nagtanong siya: “Kapag nagpapatotoo tungkol sa bagong gawain ng diyos sa isang partikular na pangkat etniko, nakakaramdam sila ng pagkasuklam at ayaw nilang pakinggan ang mga bahagi kung saan inilalantad sila ng diyos, at mayroon silang mga kuru-kuro tungkol sa mga bahaging ito. Kaya’t ang mga salitang ito ay nagiging hadlang sa pagtanggap nila sa bagong gawain ng diyos.

Iniisip naming ibahin ang mga salitang iyon. Kapag naiba na ang mga ito, magagawa na nilang tanggapin ang mga ito at hindi na sila magkakaroon ng mga kuru-kuro tungkol sa bagong gawain ng diyos o sa pagkakatawang-taong ito ng diyos.” Ano ang palagay ninyo sa tanong na ito? Kung hindi dahil sa pagkakataong ito na magtagpo at talakayin ang gawain ng ebanghelyo, maaaring iniba na nila ang mga salitang ito. Marahil, ayon sa mga imahinasyon nila, tatlo, lima, sampu, o higit pang tao mula sa pangkat etnikong iyon ang maaaring tumanggap sa bagong gawain ng Diyos kung gayon. Pero isantabi muna natin iyan, ang mga nangangaral ng ebanghelyo ay palaging gustong baguhin ang mga salita ng Diyos para umayon sa mga kuru-kuro ng tao. Palagi nilang gustong tanggalin ang mga salita kung saan inilalantad at hinahatulan ng Diyos ang tiwaling sangkatauhan, kung saan inilalantad Niya ang diwa ng tiwaling sangkatauhan. Ano ang kalikasan ng gayong pag-uugali? Ang ganitong klase ng kilos ba ay sumasalamin sa may-takot-sa-Diyos na puso? (Hindi.) Sa Aking pananaw, hindi ito dahil sa ang mga tao ng isang partikular na pangkat etniko o denominasyon ay may mga kuru-kuro tungkol sa mga salita ng Diyos; pangunahing ang mga taong nangangaral ng ebanghelyo ang may mga kuru-kuro. Hindi pasok sa kanilang pamantayan ang mga salita ng Diyos; laban at tutol sila sa mga ito sa kaibuturan nila, ayaw nilang pakinggan at hindi nila gusto ang mga salitang ito mula sa Diyos. Naniniwala sila na kung talagang mga salita ito ng diyos, dapat ay mapagmahal ang mga ito at hindi inilalantad ng mga ito ang mga tao nang hayagan at direkta, na para bang sinasampal ang mukha nila. Kaya, mariin nilang iginigiit, na kung ipapangaral nila ang ebanghelyo, puwede bang alisin ang mga salitang ito? Para ipangaral ang ebanghelyo at makamit ang mga tao, puwede bang makipagkompromiso ang Diyos kahit isang beses lang, magsalita nang mas maingat at kaaya-aya? Para mas maraming tao ang tumanggap sa bagong gawain ng Diyos, para makapagdala ng mas maraming tao sa harap ng Diyos, puwede bang baguhin ng Diyos ang Kanyang estratehiya at paraan ng pananalita, magkompromiso Siya at magbigay-daan sa tiwaling sangkatauhan, yumuko, humingi ng paumanhin, at humingi ng kapatawaran? Kaya, ang problema ay pangunahing nasa mga manggagawa ng ebanghelyo, hindi sa mga tao ng anumang partikular na denominasyon. Nang hindi iniiba ang kahit isang salita o pangungusap ng mga salita ng Diyos, at bagama’t ang mga salita ng Diyos ay kayang magdulot ng mga kuru-kuro sa lahat ng tao, marami pa rin ang unti-unting lumalapit sa Diyos at tumatanggap sa Kanyang bagong gawain. Napigilan ba ng mga kuru-kuro nila ang pagtanggap nila sa bagong gawain ng Diyos? Hindi naman. Kung ang mga salitang ito na sinasabi ng Diyos ay hindi kailangan ng tao at hindi sumasalamin sa aktuwal na kalagayan ng tao, magiging katanggap-tanggap na hindi tanggapin ng mga tao ang mga salita ng Diyos, at maaaring ikonsidera ng Diyos ang pagbabago sa Kanyang paraan ng pananalita at sa nilalaman ng Kanyang pananalita. Gayumpaman, ang bawat salita at pangungusap na sinasabi ng Diyos ay sumasalamin sa aktuwal na sitwasyon ng tao at may kinalaman sa buhay pagpasok at kaligtasan ng tao. Kung ang mga tao ay may mga kuru-kuro at hindi kayang tanggapin ang mga ito, pinapatunayan nito na ang mga tao ay

buktot, marumi, at napakalalim ng pagkatiwali, at na hindi sila karapat-dapat na lumapit sa Diyos. Hindi nito pinapatunayan na mali ang mga salita ng Diyos o na hindi ang katotohanan ang mga ito.

Ano ang dapat gawin sa tiwaling sangkatauhan na may mga kuru-kuro tungkol sa mga salita at gawain ng Diyos? Ang mga nangangaral ng ebanghelyo ay nadiligan na ng mga salita ng Diyos at napakinggan na nila ang mga ito sa loob ng napakaraming taon. Kahit hindi isaalang-alang kung gaano karaming katotohanan ang nauunawaan ninyo, sa teorya lang, ang mga pangitain ng gawain ng Diyos, ang mga layunin ng Diyos, ang layon ng anim-na-libong-taong plano ng pamamahala ng Diyos, ang gawain ng pagliligtas ng Diyos sa tao—hindi ba ninyo naunawaan, naalala, at naarok ang lahat ng aspektong ito ng katotohanan? Kung nasangkapan ka ng lahat ng ito, matatakot ka pa rin ba sa mga taong may mga kuru-kuro? Kung natatakot ka, dapat aktibo mong linawin sa mga potensyal na tatanggap ng ebanghelyo; magpatotoo ka sa kanila tungkol sa mga layunin ng Diyos, ipaliwanag mo ang katotohanan nang malinaw! Kung matapos ang napakaraming taon ng pakikinig sa mga salita ng Diyos ay hindi mo pa rin maipaliwanag o mailinaw ang mga ito, ganap kang walang silbi! Ginagampanan mo ang tungkuling ito, at araw-araw ay hinaharap mo ang mga paksang ito, mga nilalamang ito, mga usaping ito—bakit mo pa rin iisiping gumamit ng gayong kasuklam-suklam na pamamaraan tulad ng pagbabaluktot sa mga salita ng Diyos para mangaral ng ebanghelyo at magkamit ng mga tao? Sa panlabas, ito ay tila isang pagkakamali lang, isang kasuklam-suklam na pamamaraan, isang pagpapakita ng kawalang-kakayahan, pero sa diwa, ito ay walang-dudang pagpapamalas ng diwa ng isang anticristo—ito ay ganap na totoo. Ang mga tao ng Diyos ang siyang nagpapahalaga sa salita ng Diyos, nagmamahal sa salita ng Diyos, natatakot sa salita ng Diyos, gumagalang sa bawat salita at pangungusap na winiwika ng Diyos pati na rin kung paano Siya magsalita, ang perspektiba ng sinasabi Niya, at kung ano ang sinasabi Niya sa bawat sipi. Ang mga kaaway lamang ng Diyos ang madalas na manuya at manghamak sa Kanyang mga salita. Hinahamak nila ang mga ito. Hindi nila itinuturing ang mga salita ng Diyos bilang katotohanan, bilang mga salitang ipinahayag ng Lumikha. Kung kaya, sa kanilang mga puso, madalas nilang ninanais na baluktutin ang mga salita ng Diyos at ipaliwanag ang mga ito nang arbitrario. Tinatangka nilang gamitin ang kanilang mga pamamaraan, ang paraan ng kanilang mga pag-iisip at ang lohika ng kanilang pag-iisip upang baguhin ang mga salita ng Diyos, upang umayon ang mga ito sa mga tiwaling kagustuhan ng tao, mga tiwaling pananaw ng tao, at mga tiwaling paraan ng pag-iisip at pilosopiya ng tao, sa pagsisikap na makamit sa huli ang pagsang-ayon mula sa mas maraming tao. Ang salita ng Diyos ay salita ng Diyos, saanmang bahagi ito sa mga salita ng Diyos, sa paanong paraan man ito sinalita, at sa alinmang perspektiba ito iwinika. Upang ang tiwaling sangkatauhan ay mas madaling makaunawa, mas makaintindi, at mas madaling magkamit ng salita ng Diyos, upang maunawaan nila ang katotohanan sa Kanyang mga salita, madalas na gumagamit ang Diyos ng mga wika ng tao, mga pamamaraan ng tao, maging ang mga paraan, tono ng

pananalita, at pasalitang lohika na mas madali para sa mga tao na maarok, para ipaliwanag ang Kanyang mga layunin at sabihin sa sangkatauhan kung ano ang dapat nilang pasukin. Gayunman, ang mismong mga pamamaraang ito na hindi kapansin-pansin at itong tonong hindi kapansin-pansin, at iba't ibang salitang hindi kapansin-pansin ang siyang sinasamantala ng mga anticristo upang kondenahin ang Diyos at itanggi na ang Kanyang salita ay katotohanan. Ganito nga ba ang nangyayari? (Oo.) Madalas na gumagamit ang mga anticristong ito ng kaalaman at ng mga gawain ng mga kilalang tao, maging ng mga talumpati, diksiyon, at pag-uugali ng mga kilalang tao, para ikumpara sa mga salita ng Diyos. Habang mas naghahambing sila, lalo rin nilang nararamdaman na ang mga salita ng Diyos ay masyadong mababaw, masyadong tuwiran, masyadong kolokyal. Kaya, lalo nilang gustong ibahin ang mga salita ng Diyos, para “itama” ang mga ito, pati na rin para “itama” ang tono, estilo, at perspektiba ng pananalita ng Diyos. Paano man magsalita ang Diyos o gaano man karaming kapakinabangan ang dala ng Kanyang mga salita sa tao, sa puso ng mga anticristo, hindi nila kailanman itinuturing ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan. Hindi nila hinahanap ang katotohanan, ang mga prinsipyo ng pagsasagawa, o ang landas para sa buhay pagpasok sa mga salita ng Diyos. Sa halip, patuloy nilang itinuturing ang mga salita ng Diyos mula sa perspektiba ng pagsisiyasat, nang may saloobin ng pag-aaral, nang may saloobin ng masusing pagsisiyasat at pag-iimbestiga. Pagkatapos ng lahat ng pagsisiyasat at pag-iimbestiga, nararamdaman pa rin nila na marami sa mga salita ng Diyos ang kailangang baguhin at amyendahan. Kaya, para sa mga anticristo, mula sa araw na una nilang nakatagpo ang mga salita ng Diyos hanggang ngayon—matapos maniwala sa loob ng 10, 20, o 30 taon—sa kaibuturan nila, hindi pa rin sila naniniwala na ang mga salita ng Diyos ay naglalaman ng buhay, ng katotohanan, ng pintuan papunta sa kaharian o ng landas patungo sa langit na binabanggit ng mga tao. Hindi nila ito makita, at hindi nila ito matuklasan. Kaya, ano ang nararamdaman nila? Nagtataka sila kung bakit habang mas naniniwala sila, lalo rin nilang nararamdaman na masyadong kolokyal ang mga salita ng Diyos. Nagtataka sila kung bakit habang mas naniniwala sila, lalo rin silang nawawalan ng interes sa mga salita ng Diyos. Nagsisimula silang magduda kung tunay bang ang mga salita ng Diyos ang katotohanan. Anong uri ng tanda ito? Isang mabuting tanda o isang masamang tanda? (Isang masamang tanda.) Talagang isang himala na naniwala sila sa Diyos hanggang sa puntong ito! Walang patutunguhan ang kanilang paniniwala, ganap silang nawalan ng kabatiran sa katotohanan. Hindi ba't ito na ang wakas ng pananampalataya nila?

Napansin ba ninyo ang katunayang ito? Mula sa araw na nagsimulang maniwala ang lahat sa Diyos, magbasa ng Kanyang mga salita, tumalikod sa kanilang pamilya, propesyon, pag-aaral, at mga kinabukasan sa mundo, ang lahat ay nasa parehong simula ng karera. Pero, hindi napapansin na sa panahon ng karera, may ilang tao na napag-iwanan at hindi na gusto pang gampanan ang tungkulin nila. Saan sila nagpunta? Ang ilan ay naibaba sa mga grupong B, ang iba ay sa mga ordinaryong iglesia, at may

ilang halos hindi na makayanang manatili sa mga iglesiang may tungkuling part-time. Ang mga ayaw gumampan ng tungkulin nila sa sambahayan ng Diyos at mga naging pakay ng pagpapaalis, na hindi na kalipikadong gumampan ng tungkulin nila—bakit sila humantong sa kinalalagyan nila ngayon? Kung susubukan mong intindihin ang saloobin nila sa Diyos gamit ang mga mata ng tao, hindi mo ito makikita dahil hindi mo alam kung ano ang nasa puso nila. Kung minamahal o kinamumuhian nila ang Diyos, kung sila ay lumalaban o nagpapasakop sa Kanya, hindi mo malalaman. Kaya, paano mo matutukoy ang disposisyong diwa ng isang tao? Madali lang: Tingnan mo lang ang saloobin nila sa mga salita ng Diyos. Ang grupong ito ng mga tao ay may iisang katangian pagdating sa saloobin nila sa mga salita ng Diyos: Anuman ang sitwasyon, hindi nila nararamdaman ang pangangailangan na matustusan ng mga salita ng Diyos. Kahit anong mga paghihirap ang hinaharap nila, hindi nila hinahanap ang mga prinsipyo o ang katotohanan sa mga salita ng Diyos. Ang mga taong ito ay bihirang magbasa ng mga salita ng Diyos, at nakakaramdam pa nga sila ng pagkasuklam kapag nagdarasal-nagbabasa ang isang tao ng mga salita ng Diyos o nakikipagbahaginan tungkol sa pagkaunawa nila sa mga ito. Paano sila nagpapakita ng pagkasuklam? Iniisip nila, “Alam ko na ang lahat ng sinasabi mo; hindi mo na kailangang sabihin iyan. Nabasa ko na dati ang mga salitang ito ng diyos; nauunawaan ko ang lahat.” Kung nauunawaan nila ang lahat, bakit sila napaalis? Bakit sila naibaba sa mga grupong B? Ano ang nangyayari? Ang ugat ay na pangunahing hindi tinatanggap ng mga taong ito ang mga salita ng Diyos; hinahamak nila ang mga ito at mapanlaban sila sa mga ito. Maisasagawa ba ng isang tao ang mga salita ng Diyos kung hinahamak niya ang mga ito at mapanlaban siya sa mga ito? Kapag sasabihin mo sa kanya, “Kung maharap ka sa isang sitwasyon, dapat mong basahin ang mga salita ng Diyos!” ano ang saloobin niya? Ano ang mga partikular niyang reaksiyon? (Sasabihin niya na ang mga praktikal na problema ay nangangailangan ng mga praktikal na solusyon; hindi na kailangan pang basahin ang mga salita ng Diyos.) Iniisip niyang ang pagbabasa ng mga salita ng Diyos ay isang malabong pamamaraan, at na ang mga praktikal na problema ay humihingi ng mga praktikal na solusyon. Ito ang tono ng isang anticristo. Ano ang ibig niyang sabihin? “May sariling mga paraan ang mga tao; ano ang silbi ng pagbabasa ng mga salita ng diyos? Tingin mo ba ay malulutas ng mga salita ng diyos ang lahat?” Iniisip niya na kung ang isang tao ay nakakaranas ng kaunting suliranin, ito ay isang suliranin lang, at hindi talaga ito sumasalamín sa panloob na kalagayan o disposisyon ng taong iyon. Hindi niya ito nakikita, ni hindi niya ito kinikilala bilang katunayan. Naniniwala siya na, “Ang mga suliranin ng tao ay parang isang makina na nawawalan ng isang tornilyo; ilagay mo lang ang tornilyo, at maaayos na ito. Bakit kailangan pang hanapin ang mga salita ng diyos? Iyon ay pawang pekeng espirituwalidad. Hindi ko gagawin iyon kailanman; kamangmangan iyon! Tingin mo ba ay malulutas ng mga salita ng diyos ang lahat? Hinding-hindi ganoon iyon.” Malinaw na isa itong taong hindi tumatanggap sa katotohanan. Bukod pa rito, kapag ang ilang tao ay nahaharap sa mga isyu, at nagbabahagi ka sa kanila upang makatulong, binabasahan sila ng isang sipi

ng mga salita ng Diyos, tumutugon sila pagkatapos makinig: “Kabisado ko na ang siping iyan, maraming beses ko na itong binigkas. Bakit mo pa ito sinasabi sa akin? Mas nauunawaan ko pa ito kaysa sa iyo, at wala itong silbi, hindi nito malulutas ang problema ko!” Ano ang isyu rito? (Hindi nila tinatanggap ang katotohanan.) Hindi nila tinatanggap ang katotohanan at ayaw nilang kilalanin ang sarili nilang katiwalian, na siyang isang problema. Hindi nila inaamin ang katiwalian nila, kaya iniisip nila na ang pagbabasa ng mga salita ng Diyos ay pagraos lang ng gawain, na wala itong silbi. Gusto nilang makahanap ng mabilisang lunas, ng isang mahimalang lunas para malutas ang mga problema nila, at ang diwa ng isyung ito ay isang pagtangga na tanggapin ang katotohanan.

Tungkol sa pagpapamalas na ito ng pagbabaluktot at pagbibigay-kahulugan sa mga salita ng Diyos, mayroon ba kayong mga halimbawa? (Noong ginagawa ang ika-20 na video ng album ng koro, sinabi ng Diyos na isa-isang ilista ang mga kasulatan sa screen. Noong panahong iyon, naisip ng ilang kapatid na masyadong mahaba ang mga kasulatan at binura nila ang ilang parirala. Kalaunan, natuklasan ng Diyos ang isyung ito at hinimay Niya ito nang labis na mahigpit, sinabing ito ay paglapastangan sa mga salita ng Diyos.) Tungkol naman sa mga orihinal na salita ng Diyos na nakatala sa Bibliya, ang mga iyon ay mga salita ng Diyos at hindi dapat ibahin ng mga tao, at gayundin sa mga propesiya ng ilang propeta; mga salita rin ng Diyos ang mga ito, ang Diyos ang inspirasyon sa mga ito at hindi rin dapat baguhin ang mga ito. Sa Aking pananaw, bagama’t ang mga salitang ito ay wala na sa orihinal na wika at mga isinalin na, ang kahulugan ng isinaling teksto ay naging halos tumpak sa loob ng maraming taon ng mga pagbabago. Dapat mo itong kilalanin. Samakatwid, ang mga salitang ito, kung gagamitin sa regular na pagbabahaginan, ay hindi kailangang ilahad nang buo; maaaring maipahayag ang buod. Gayumpaman, hindi dapat baguhin ang mga aktuwal na katunayan. Kung magsisipi, ang mga orihinal na kompletong pangungusap ang dapat na kunin. Ano ang palagay ninyo sa prinsipyong ito? (Maganda ito.) Bakit ito gagawin sa ganitong paraan? Sinasabi ng ilang tao, “Nakaraan na ang lahat ng iyan, kailangan ba nating maging masyadong seryoso?” Hindi, tungkol ito sa isang saloobin, isang pag-iisip. Sa nakaraan man, kasalukuyan, o hinaharap, ang mga salita ng Diyos ay mga salita ng Diyos at hindi dapat ipantay sa mga salita ng tao. Dapat tratuhin ng mga tao ang mga salita ng Diyos nang may mahigpit na saloobin. Pagkatapos maisalin ang Bibliya mula sa orihinal na teksto patungo sa iba’t ibang wika, maaaring hindi tumugma nang eksakto sa orihinal ang ilang kahulugan, o maaaring may mga pagkakaiba sa pagitan ng pangungusap na isinalin at ng orihinal na teksto. Maaaring magdagdag ang mga tagasalin, “Tandaan: ganito ganyan,” o maglagay sa loob ng mga panaklaw, “O isinalin bilang....” Tingin ba ninyo, ang lahat ng taong nagsalin ng mga orihinal na teksto ng Bibliya ay mga mananampalataya sa Diyos? (Hindi lahat.) Tiyak na hindi sila mga taong may takot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan, kaya bakit nila napapangasiwaan ang gampaning ito nang may gayong katumpakan? Tinatawag ito ng mga walang pananampalataya bilang pagiging propesyonal, pero dapat itong tawagin ng mga

mananampalataya sa Diyos bilang pagkakaroon ng isang may-takot-sa-Diyos na puso. Kung wala ka man lang ng ganitong katiting na may-takot-sa-Diyos na puso, isa ka pa rin bang mananampalataya sa Diyos?

Dapat kang magkaroon ng debotong saloobin sa mga salita ng Diyos, at kapag ikaw ay nakikipagtipon at nakikipagbahaginan tungkol sa mga salita ng Diyos, pagkatapos mong basahin ang mga ito, puwede mong isama ang mga personal mong karanasan habang tinatalakay mo ang kaalaman mo at ang natutunan mo mula sa mga karanasang ito. Gayumpaman, hindi mo dapat ituring ang mga salita ng Diyos bilang sarili mong mga pribadong akda at bigyang-kahulugan ang mga ito ayon sa iyong nais. Hindi ka kailangan ng mga salita ng Diyos para ipaliwanag mo ang mga ito, ni hindi mo maipaliliwanag ang mga ito nang malinaw o nauunawaan. Sapat nang mayroon kang kaunting kaliwanagan at pagtanglaw o karanasan, ngunit ang subukang ipaliwanag ang katotohanan, o ang subukang gamitin ang iyong paliwanag upang maunawaan ng mga tao ang layunin ng Diyos ay imposible. Ito ay maling paraan ng paggawa sa mga bagay-bagay. Halimbawa, nabasa ng ilang tao sa mga salita ng Diyos na mahal ng Diyos ang matatapat na tao. Minsang sinabi ng Diyos sa tao, “Ang magiging pananalita ninyo ay, ‘Oo, oo; Hindi, hindi’: sapagkat ang humigit pa rito ay buhat sa masama” (Mateo 5:37). Ngayon, ang mga salita ng Diyos ay panawagan din sa mga tao upang maging matapat. Kung gayon, ano ang tamang saloobin na dapat taglayin sa mga salita at hinihingi ng Diyos? Maghanap sa mga salita ng Diyos: Sinabi ng Diyos, “Ang magiging pananalita ninyo ay, ‘Oo, oo; Hindi, hindi.’” Kung gayon, paano ba mismo umaasal ang matatapat na tao sa paningin ng Diyos? Paano magsalita ang matatapat na tao, paano sila kumilos, paano nila tinatrato ang kanilang tungkulin, at paano sila matiwasay na nakikipagtulungan sa iba? Dapat hanapin ng mga tao sa mga salita ng Diyos ang mga prinsipyo at landas ng pagsasagawa na ito at dapat silang maging matapat na mga taong hinihingi Niya. Ito ang tamang saloobin, ang saloobing dapat taglayin ng mga naghahanap sa katotohanan. Kaya paano umaasal ang mga hindi naghahanap o nagmamahal sa katotohanan, at ang mga may pusong walang takot sa Diyos at sa Kanyang mga salita? Pagkatapos basahin ang mga salita ng Diyos, iniisip nila, “Hinihingi ng diyos na maging matapat ang mga tao; iyon ang sinabi ng panginoong Jesus dati. Ngayon, sinasabing muli ng diyos sa mga tao na maging matapat. Alam ko na ito—hindi ba’t ang matatapat na tao ay iyong mga totoo? Hindi ba’t tulad ito ng sinasabi ng mga tao, na ang mga taong totoo ay palaging mamamayani, na payapa ang buhay ng mabubuti, at na kasalanan ang dayain ang mga totoo? Masdan mo, iwinawasto ng diyos ang mga kawalang-katarungan na dinanas ng mga totoo.” Ang mga salitang ito ba ang katotohanan? Ang mga ito ba ang mga katotohanang prinsipyong natukoy nila mula sa mga salita ng Diyos? (Hindi.) Kaya, ano ang mga salitang ito? Maaari bang tawagin ang mga ito na mga maling pananampalataya at mga panlilinlang? (Maaari.) Ang mga walang espirituwal na pang-unawa o hindi nagmamahal sa katotohanan ay palaging iniuugnay ang mga salita ng Diyos sa kung ano ang pinaniniwalaan ng sangkatauhan na nakalulugod sa tainga at tama. Hindi ba’t

ibinababa nito ang halaga ng mga salita ng Diyos? Hindi ba't inilalarawan nito ang katotohanan bilang isang uri ng islogan sa sangkatauhan, isang argumento sa kung paano umasal? Nananawagan ang Diyos sa mga tao na maging matapat, ngunit binabalewala ng mga taong ito kung paano umasal ang mga matapat, kung paano maging matapat, at kung ano ang mga panuntunan ng pagiging matapat, at walang kahihiyang inihahayag na hinihiling ng Diyos sa mga tao na ang mga ito ay maging totoo, at na ang mga taong totoo, inutil, at hangal ay pawang matapat. Hindi ba't isa itong maling pakahulugan sa mga salita ng Diyos? Mali ang pakahulugan nila sa mga salita ng Diyos, ngunit iniisip pa rin nila na sila ay napakatatalino, kasabay nito ay iniisip nila na ang mga salita ng Diyos ay hindi hihigit dito: "Hindi ganoon kalalim ang katotohanan, hindi ba't tungkol lang ito sa pagiging taong totoo? Simple lang ang maging isang taong totoo: Huwag magnakaw at huwag murahin ang mga tao o manakit ng iba. 'Wala nang silbi ang pagpupugot ng mga ulo; maging mabait hangga't maaari.' Maging maluwag sa iba sa lahat ng bagay, maging mahigpit sa iyong sarili at mapagparaya sa iba, maging mabuting tao, at payapa ang buhay ng mabubuti." Marami silang sinasabi, ngunit wala roon ang naaayon sa katotohanan; iyon ay walang iba kundi mga maling pananampalataya at mga panlilinlang. Tila nagtataglay iyon ng ilang kaugnayan sa mga salita ng Diyos, tila mayroon itong kaunting koneksiyon sa mga ito, ngunit pagkatapos pagbulayan at kilatisin ng isang tao ang naturang usapin, napagtatanto niyang ito ay walang iba kundi panlilihing, walang iba kundi mga panlilinlang na gumugulo sa isipan ng mga tao. Halimbawa, sinasabi ng Diyos na may pagmamahal sa Kanyang diwa, na mahal Niya ang tao. Ang pagmamahal ng Diyos sa tao ay ipinapakita sa mga tao sa pamamagitan ng Kanyang mga sinasabi, sa paraan ng Kanyang pagtrato sa tao, sa Kanyang masidhing layunin na iligtas ang tao, at sa iba't ibang aspekto ng Kanyang paggawa sa tao, at kasabay ng pagpapakita ng Kanyang pagliligtas sa tao, ang layunin ng Diyos at ang mga paraan kung paano Niya inililigtas ang tao ay naipapakita rin para malaman ng mga tao ang pagmamahal ng Diyos. Ano ang iniisip ng mga taong walang espirituwal na pang-unawa? "Ang diyos ay diyos na nagmamahal sa tao, nais ng diyos na maligtas ang bawat tao at ayaw niyang masadlak sa perdisyon ang sinuman. Sinabi ng diyos na ang nagbalik-loob na alibughang anak ay higit pa sa ginto." Sinabi ba ito ng Diyos? Ito ba ang mga orihinal na salita ng Diyos? (Hindi.) Ano pa ang sinasabi nila? "Ang pagliligtas ng isang buhay ay higit pa sa pagbuo ng isang pitong-palapag na pagoda" at "Ang Buddha ay mabait." Hindi ba't binabaliktad nila ang mga bagay-bagay? Malinaw na nagkukunwari lang silang espirituwal, na nauunawaan nila ang mga salita ng Diyos, at na minamahal nila ang katotohanan; halatang sila ay mga tagalabas, taong walang kasanayan, at hangal na walang espirituwal na pang-unawa. Marami na Akong nakilalang gayong tao—sila ay mga padalos-dalos, matapang magsalita pero walang utak, ang mga kaisipan at mga lumilitaw sa isipan nila ay pawang mga maling pananampalataya, panlilinlang, at panghuhuwad. Ang mga nagtataglay ng mga pinakamataas na kapangyarihang ilihis ang iba at madalas na nagagamit ang mga maling pananampalataya at panlilinlang at ilang tila tamang teolohikal na argumentong

ito para ilihis ang iba, pinipilit ang iba na sundin at isagawa ang sinasabi nila—mga anticristo ang mga taong ito. Sa panlabas, tila napaka-espirituwal nila, madalas na nagsisipi ng mga sipi ng mga salita ng Diyos sa harap ng iba, at kapag tapos na silang bigyang-kahulugan nang arbitraryo ang mga ito, naglalabas sila ng mga maling pananampalataya at panlilinlang. Ang gayong mga tao ay matatagpuan sa bawat iglesia. Tinutulungan at pinapangunahan nila ang mga tao habang diumano’y nagsisipi at nakikipagbahaginan tungkol sa mga salita ng Diyos, pero ang totoo, ang itinatanim nila sa mga tao ay hindi ang hinihingi ng mga salita ng Diyos sa tao, ni hindi ang mga katotohanang prinsipyo na nilalaman ng mga salita ng Diyos, kundi sa halip ay mga maling pananampalataya at panlilinlang na binuo nila sa pamamagitan ng pagpoproseso, pagbibigay-kahulugan, at pagbubuo ng imahinasyon batay sa mga salita ng Diyos, na nagiging sanhi ng paglihis ng mga tao mula sa mga salita ng Diyos at sa halip ay pagsunod sa kanila, na nagiging sanhi ng kaguluhan at pagkalihis ng mga tao. Halimbawa, may mga nagsasabi: “Sa paggawa ng kanyang anim-na-libong-taong plano ng pamamahala, naranasan na ng diyos ang pagtalikod at paglaban ng buong sangkatauhan; ang diyos ay diyos, at walang hangganan ang kanyang puso! Tulad ng sinasabi ng mga tao, ‘Maaaring maglayag ang isang bangka sa lawak ng puso ng isang punong ministro,’ at ‘Hindi pa huli ang lahat para maghiganti ang isang maginoo.’ Lubos na mapagparaya ang diyos!” Sa panlabas, tila nagpapatotoo sila sa Diyos at sa kung ano ang mga tinataglay ng Diyos at ang Kanyang pagiging Diyos sa mga tao, pero anong mensahe talaga ang naibabahagi nila? Ito ba ang katotohanan? Ito ba talaga ang diwa ng Diyos? (Hindi.) Kanino sila nagpapatotoo? Nagpapatotoo sila sa punong ministro. Inihahalintulad nila ang Diyos sa isang punong ministro, sa isang ginoo—hindi ba’t kalapastanganan ito? Makikita ba ang gayong mga salita sa mga salita ng Diyos? (Hindi.) Saan nagmula ang mga salitang ito? Mula kay Satanas. Bukod sa hindi nagpapatotoo sa Diyos ang mga anticristo, binabaluktot din nila ang mga katunayan at nilalapastangan nila ang Diyos, madalas inililihis ang mga walang pundasyon, ang mga walang tunay na pananalig sa Diyos, at ang mga walang kakayahang maunawaan ang katotohanan. Ang mga taong ito ay mababa ang tayog, walang pundasyon, at walang kakayahang maarok ang katotohanan, at kaya nalilihis sila ng mga maling pananampalataya at panlilinlang na ito. Itinuturing ng mga anticristo ang mga maling pananampalataya at panlilinlang bilang mga espirituwal na kasabihan, at ang isang bagay na sinasabi nila tungkol sa pagmamahal ng Diyos ay, “Nais ng diyos na maligtas ang bawat tao at ayaw niyang masadlak sa perdisyon ang sinuman.” Kapag nagsasalita tungkol sa hinihingi ng Diyos sa tao, ang isa pang bagay na sinasabi nila ay, “Payapa ang buhay ng mabubuti.” At tungkol sa hindi pag-alala ng Diyos sa mga pagsalangsang ng mga tao at sa pagbibigay Niya sa kanila ng isang pagkakataong magsisi, sinasabi nila, “Wala nang silbi ang pagpupugot ng mga ulo; maging mabait hangga’t maaari.” Makikita ba ang gayong mga salita sa mga salita ng Diyos? (Hindi.) Bakit Ako lubos na nagagalit sa sandaling marinig Ko ang mga salitang ito? Bakit Ako lubhang naaasiwa sa mga ito? Bakit Ako nayayamot nang sobra? Ilang

taon na bang binabasa ng mga taong ito ang mga salita ng Diyos? Mapurol ba ang isip nila, o nabaliw na ba sila? Saan sa mga salita ng Diyos nabanggit ang gayong mga bagay? Kailan hiningi ng Diyos na maging totoo ang mga tao? Kailan hiningi ng Diyos na sumunod ang mga tao sa kasabihang “Wala nang silbi ang pagpupugot ng mga ulo; maging mabait hangga’t maaari”? Ito ba ang ginagawa ng Diyos? Saan, sa mga maling pananampalataya at panlilinlang na itinataguyod nila, maaaring makita ang anumang kaugnayan sa hinihingi ng Diyos sa sangkatauhan, sa Kanyang mga layunin, at sa mga katotohanang prinsipyo? Ganap na walang kaugnayan ang mga ito. Halimbawa, hinahayaan ng Diyos na magkaroon ang mga tao ng adhikain, determinasyon, at mga hangarin, pero ang sinasabi ng mga anticristo ay: “Hinihikayat tayo ng diyos na magkaroon ng mga hangarin. May isang kasabihan na naglalarawan nito nang maayos: ‘Ang isang sundalo na hindi nais maging heneral ay hindi isang mabuting sundalo.’” Ang kasabihang ito ay isang uri ng panlipunang kalakaran, isang panlipunang pananaw—angkop ba itong gamitin sa sambahayan ng Diyos? Ito ba ay kapaki-pakinabang? (Hindi.) Alin sa mga salita ng Diyos ang umaayon sa pahayag na ito? Nauugnay ba ito sa mga salita ng Diyos? (Hindi.) Kung gayon, bakit sinasabi ito ng mga anticristo? Ang pakay nila sa pagsasabi nito ay para iparamdam nang malalim sa mga tao na napaka-espirituwal nila, na may pagkaunawa at kaliwanagan sila mula sa mga salita ng Diyos, na may abilidad silang maarok ang katotohanan, at na hindi sila mga ignorante at ordinaryong tao. Pero natutupad ba nito ang inaasahan nilang layunin? Kapag naririnig ninyo ang mga salitang ito, nakakaramdam ba kayo ng pagsang-ayon o ng pagkasuklam sa inyong puso? (Pagkasuklam.) Sa anong paraan kayo nakakaramdam ng pagkasuklam dito? (Iniugnay ng mga anticristo ang mga panlilinlang ni Satanas sa mga salita ng Diyos, kaya nagkakamali sila ng pagkaunawa sa mga ito. Walang espirituwal na pang-unawa ang lahat ng salitang sinasabi nila.) Nagsasabi lang ang mga anticristo ng mga salitang sumasalamín sa kawalan ng espirituwal na pang-unawa, na nagiging sanhi ng pagkasuklam at pagtutol ng mga tao kapag naririnig nila ang mga ito. Malinaw na hindi nila nauunawaan ang mga salita ng Diyos, hindi nila maarok ang mga ito, at wala sila ng kakayahan at abilidad na maarok ang mga salita ng Diyos, subalit nagpapanggap silang nauunawaan nila ang mga ito at walang kahihiyang binibigyang-kahulugan ang mga ito sa iba, na nagsasabi ng mga di-kaugnay at amatyur na salita na nagiging sanhi ng pagkasuklam ng mga tao, na walang naidudulot na pagpapatibay, at sa halip ay nakakagulo sa mga kaisipan ng mga tao. Talagang kasuklam-suklam ito! Ano ang dapat ninyong gawin kapag nakatagpo kayo ng gayong mga tao? (Dapat nating himayin ang mga nakalilinlang na bahagi sa sinasabi nila.) Paano ninyo ito dapat na gawin? Sa katunayan, napakadali lang nito. Sabihin mo sa kanila: “Ang pagkaarok mo sa mga salita ng Diyos pagkatapos mong basahin ang mga ito ay parang walang katuturan sa akin.” Sasagot sila, “Parang hindi naman, pakiramdam ko ay mabuti ito.” Sasabihin mo, “Iniisip mong mabuti ito anuman ang mangyari, kaya batay sa pangangatwiran mo, ibig sabihin ba na ang mga salita ng Diyos ay katumbas ng mga maling pananampalataya at

panlilinlang ng tao? Kung sumasang-ayon ka sa mga maling pananampalataya at panlilinlang na ito, bakit mo pa binabasa ang mga salita ng Diyos? Hindi mo na kailangang basahin ang mga ito. Malubha na ngayon ang problema mong ito—itinuturing mo ang mga salita ng Diyos bilang pilosopiya para sa mga makamundong pakikitungo ng buktot na sangkatauhan, bilang mga pamamaraan ng pangangasiwa sa mga bagay at bilang mga pananaw ng buktot na sangkatauhan. Sa pananaw mo, ang matatapat na taong sinasabi ng Diyos ay pareho lang sa mga taong totoo, sobrang hangal, at uto-uto. Binibigyan mo ng kahulugan ang bawat salitang binigkas ng Diyos gamit ang mga terminolohiya ng tao, ipinapantay ang mga ito sa mga panlilinlang at kasabihang ibinuod ng buktot na sangkatauhan. Ibig mo bang sabihin, kung gayon, na ang mga salita ng Diyos ay mga salita ng tao, wika ng tao, at mga maling pananampalataya at panlilinlang ng tao? Sa ganitong paraan ng pag-unawa sa mga salita ng Diyos, hindi mo naaarak ang mga ito; nilalapastangan mo ang mga ito at nilalapastangan mo ang Diyos.” Kaya ba ninyong lahat na sabihin nang malinaw ang mga salitang ito? Kung ang kahulugan ng mga salita ng Diyos ay katulad ng sinasabi ng mga anticristo, bakit hindi na lang direktang sabihin ng Diyos ang mga salitang iyon? Kapag sinasabi ng Diyos sa mga tao na maging matapat, bakit hindi na lang Niya sabihin sa kanila na maging totoo at maging mabubuting tao at tapusin na roon? Ito ba ay pagkakaiba lang sa pagpili ng mga salita? (Hindi.) Ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan, at nakapaloob sa mga ito ang isang landas para sa pagsasagawa ng mga tao. Kung ang mga tao ay kumikilos at namumuhay ayon sa mga salita ng Diyos, puwede silang maging mga taong may takot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan, mga taong naaayon sa mga layunin ng Diyos. Samantala, ang pagkilos at pamumuhay ayon sa sinasabi ng mga tao ay nagiging sanhi para maging ganap na isang taong magulo ang isip, maging isang ganap na buhay na Satanas. Naiintindihan ba ninyo ang puntong ito? Ano ang magiging resulta kung kikilos at magsasagawa kayo ayon sa sinabi ng Diyos na maging matapat na tao? At ano ang magiging resulta kung kikilos at mamumuhay kayo ayon sa sinasabi ng mga tao na mabuti o taong totoo? Hindi ba’t magiging iba ang mga resulta? (Oo.) Kaya, ano ang resulta ng pamumuhay bilang isang matapat na tao? (Pagkakaroon ng normal na pagkatao, kakayahang sumamba sa Diyos, pagiging prangka, at kakayahang maging deretsahan at bukas sa Diyos. Kung aasal ang isang tao bilang totoo o mabuting tao ayon sa depinisyon ng mga tao, nagiging mas tuso at bihasa sila sa pagbabalatkayo, nagsasalita lang sila ng mga kaaya-ayang salita, namumuhay sila ayon sa pilosopiya para sa mga makamundong pakikitungo ni Satanas, at sila ay nagiging isang buhay na Satanas.) Kita mo, may pagkakaiba, hindi ba? Ang pagkilos at pamumuhay ayon sa tinatawag ng Diyos na isang matapat na tao ay mas nagpapadalisay sa puso ng isang tao; nagiging bukas sa Diyos ang puso niya, at nagagawa niyang ibigay ang puso niya sa Diyos nang walang pagbabalatkayo, pandaraya, o panghuhuwad. Hindi nagtatago ang puso niya mula sa Diyos kundi nakabukas lang ito sa Kanya; kung ano ang kanyang iniisip sa loob niya ay naipapakita at naisasabuhay sa panlabas, at kung ano ang

naipapakita at naisasabuhay sa panlabas ay katugma ng nasa loob niya. Ito ang nais ng Diyos; ito ang katotohanan. Sa kabilang banda, ano ang mga prinsipyo ng pag-asal at ang mga prinsipyo ng pagsasagawa para sa mga tinatawag ng mga taong totoo o mabuti? Sa katunayan, pagpapanggap ang lahat ng ito. Hindi nila madaling sinasabi kung ano ang iniisip nila, ni hindi nila hinahayaang makita ito ng iba. Hindi nila sinasaktan nang walang pakundangan ang pagpapahalaga sa sarili o mga interes ng iba, pero ang hindi pananakit sa iba ay para din sa pag-iingat sa sarili nila. Maingat sila sa panloob at nagbabalatkayo sa panlabas, tila partikular silang deboto, mapagparaya, mapagpasensiya, at mahabagin. Pero walang nakakakita kung ano ang iniisip nila sa panloob; mayroong katiwalian, paglaban, at paghihimagsik sa loob nila, pero hindi ito makita ng iba. Sa panlabas, nagpapanggap sila na labis silang nakapagpapatibay, banayad, at mabait. Kahit gaano karaming masamang bagay ang ginagawa nila, o kahit gaano sila kamapanghimagsik o kabuktot sa panloob, walang nakakaalam. Sa panlabas, handa rin silang tumulong sa iba at magbigay sa nangangailangan, palaging handang tumugon, isang tunay na buhay na Lei Feng. Ngumingiti sila at ipinapakita nila sa iba ang kanilang pinakamagandang katangian sa lahat ng oras, at kahit gaano sila lumuluha sa pribado, palagi silang nakangiti sa harap ng iba, na pinaparamdam sa mga tao na napapatibay sila. Hindi ba't ito ang tinatawag ng mga tao na isang mabuting tao? Kung ihahambing ang mabuting taong ito sa isang matapat na tao, alin ang positibo? Alin ang nagtataglay ng katotohanang realidad? (Ang matapat na tao.) Taglay ng mga matapat na tao ang katotohanang realidad, minamahal sila ng Diyos, at sumusunod sila sa mga pamantayan ng Diyos ayon sa hinihingi Niya, samantalang ang mga mabuti at taong totoo ay hindi; sila mismo ang uri ng mga tao na kinokondena at itinataboy ng Diyos. Kapag binibigyang-kahulugan ng mga anticristo nang arbitraryo ang matatapat na tao na hinihingi ng Diyos bilang mga mabuti o taong totoo lang, hindi ba't isa itong uri ng di-halatang pagkondena sa sinabi ng Diyos? Hindi ba't paglapastangan ito sa mga salita ng Diyos? Hindi ba't paglapastangan ito sa katotohanan? Isa itong malinaw na katunayan. Hindi nauunawaan ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos, lalong hindi nila nauunawaan kung ano ang katotohanan, subalit gumagamit sila ng mga maling argumento at bulag na inilalapat ang sarili nilang mga pakahulugan, nagpapanggap na nakakaunawa kahit wala silang kaalam-alam, lubhang binibigyan ng maling kahulugan ang mga salita ng Diyos ayon sa kagustuhan nila, at nililihis at ginugulo ang iba. Kikilos ba kayo nang ganito? Ang pagpapanggap ng isang tao na nauunawaan niya ang mga salita ng Diyos kahit malinaw naman na hindi niya nauunawaan ang mga ito at, batay sa literal niyang pag-unawa, gamit ang kanyang sariling bokabularyo, mga pagpapahayag, at mga pananaw para bigyang-kahulugan at limitahan ang mga salita ng Diyos—ito ang disposisyon ng isang anticristo.

Ano ang pundamental na pagkakaiba sa pagitan ng mga salita ng Diyos at ng tao, at sa pagitan ng katotohanan at ng doktrina? Ang mga salita ng Diyos ay nagdudulot sa mga tao na mas magkaroon ng katwiran at konsensiya, kumilos nang may prinsipyo, at

mas mapuno ng realidad ng mga positibong bagay ang pamumuhay nila. Ang mga salita ng tao, sa kabilang banda, ay maaaring magmukhang ganap na nababagay sa kagustuhan at kuru-kuro ng mga tao, ngunit ang mga ito ay hindi ang katotohanan, puno ang mga ito ng mga patibong, tukso, at mga maling paniniwala at panlilinlang, at kung kikilos ang mga tao ayon sa mga salitang ito, ang pamumuhay nila ay mas malalayo sa Diyos, at sa mga pamantayan ng Diyos. Ang mas malala, mas magiging masama at katulad kay Satanas ang paraan ng pamumuhay ng mga tao. Kapag ganap na nabubuhay at kumikilos ang mga tao ayon sa mga maling paniniwala at panlilinlang ng tao, kapag tinanggap nila nang buong-buo ang mga argumentong ito, nabubuhay silang katulad ni Satanas. At hindi ba't ang pamumuhay ng gaya ni Satanas ay nagpapahiwatig na sila ay mga Satanas? (Oo.) "Matagumpay" silang naging isang buhay na Satanas. Sinasabi ng ibang tao, "Hindi ako naniniwala. Gusto ko lang maging isang taong totoo na nagugustuhan ng iba. Nais kong maging isang taong itinuturing ng karamihan na mabuti, at pagkatapos ay titingnan ko kung kinalulugdan ako ng diyos o hindi." Kung hindi ka naniniwala sa sinasabi ng Diyos, humayo ka at tingnan, at—alamin kung ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan, o kung ang mga kuru-kuro ng tao ang katotohanan. Ito ang pagkakaiba ng diwa ng mga salita ng Diyos at ng mga salita ng tao. Ito ang mahalagang pagkakaiba sa pagitan ng katotohanan at ng mga maling paniniwala at panlilinlang. Paano man umaangkop sa panlasa ng tao ang mga maling paniniwala at panlilinlang, hindi nila maaaring maging buhay ang mga ito; samantala, gaano man kadalang unawain ang mga salita ng Diyos, gaano man kapayak, gaano man ito kasalungat sa mga kuru-kuro ng mga tao, ang diwa ng mga ito ay ang katotohanan, at kung ang ginagawa at pamumuhay ng mga tao ay naaayon sa mga prinsipyo ng salita ng Diyos, kalaunan, balang araw, sila ay magiging mga tunay na nilikha na pasok sa pamantayan, at magkakaroon ng kakayahang matakot sa Diyos at iwasan ang kasamaan. Sa kabaligtaran, kung ang mga tao ay hindi nagsasagawa ayon sa mga salita ng Diyos at hindi kumikilos ayon sa mga hinihingi ng Diyos, hindi sila puwedeng maging mga nilikha na pasok sa pamantayan. Ang mga kilos nila at ang landas na tinatahak nila ay itataboy lang ng Diyos; isa itong katunayan. Sa pagbabahaginang ito, may bago na ba kayong pagkaunawa o konsepto sa mga salita ng Diyos? Ano ang mga salita ng Diyos? Ang mga ito ay ang katotohanan, ang daan, at ang buhay—walang huwad dito. Ang mga anticristo lang, iyong mga likas na tutol sa mga positibong bagay at namumuhi sa mga ito, ang nanghahamak sa mga salita ng Diyos, ang hindi tumuturing sa mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan, at ang tumatanggi sa katunayang ang mga salita ng Diyos ang katotohanan, ang daan, at ang buhay. Hindi nila kailanman tatanggapin ang mga salita ng Diyos bilang buhay nila; isa silang grupo ng mga tao na wala nang pag-asang maligtas. Matapos ang gayong pagbabahaginan, nauunawaan ng ilan na ang mga pagpapamalas na ito ay katumbas ng pagbabaluktot at arbitraryong pagbibigay-kahulugan sa mga salita ng Diyos, na mga pagpapamalas ng mga anticristo. Masasabi ba ninyo na kasama rito ang mga nag-oorganisa ng mga salita ng Diyos? (Oo.) Kasama ba rito? Ano ang ibig sabihin ng

pagbabaluktot? (Ang ibig sabihin nito ay ang arbitraryong pag-alis o pagdagdag ng isang bagay, na nagpapabago sa orihinal na kahulugan ng mga salita ng Diyos. Ito ay pagbabaluktot. Kung ang Kanyang mga salita ay inorganisa ayon sa mga prinsipyo, hindi ito pagbabaluktot.) Tama iyan, iyan ang dapat ninyong maunawaan. Sa pagkaunawang ito, hindi kayo magkakaroon ng anumang mga alalahanin kapag nag-oorganisa ng mga salita ng Diyos, tama ba? Naaarok na ba ninyo ngayon ang mga prinsipyo nang mabuti? Kapag inatasan kang mag-organisa, hindi ito isang paanyaya para baluktutin ang mga salita. Mayroon ding mga gumagawa ng pagsasalin sa wika—inatasan ang mga taong ito para direktang isalin ang mga salita ng Diyos at isalin ang orihinal na kahulugan ng mga salita ng Diyos at ang mismong mga salita ng Diyos sa ibang wika, hindi para bigyang-kahulugan ang mga salita ng Diyos habang nagsasalin. Hindi ka kalipikadong magbigay ng kahulugan, at kailangan mong magbigay-pansin at maging maingat tungkol dito. Arukin nang mabuti ang mga prinsipyo, unawain kung ano ang maituturing na pagbabaluktot at kung ano ang hindi—arukin nang mabuti ang mga prinsipyong ito, at magiging mahirap magkamali sa gayong paraan. Kung hindi mo nauunawaan ang mga prinsipyong ito at palagi mong gustong dagdagan o baguhin ang kahulugan habang nag-oorganisa, palaging nararamdaman na ang paraan ng pagsabi ng Diyos ng isang bagay ay hindi masyadong ideyal o ang paraan ng pagsabi Niya ng iba pang bagay ay tila mali, iniisip na dapat itong sabihin sa isang partikular na paraan, ang gayong mga kaisipan ay magdudulot sa iyo na malamang na magawa ang pagkakamali ng pagbabaluktot. Para sa mga tagasalin na nagsasabi, “Alam ko kung ano ang ibig sabihin ng pangungusap na ito ng mga salita ng Diyos, kaya magsasalin ako batay sa kahulugang iyon. Kapag naisalin na ito, hindi ba’t mauunawaan naman ito ng mambabasa at iyon na iyon? Hindi na kailangan pang maghanap o magdasal-magbasa; direkta silang tatanggap ng kaliwanagan at pagtanglaw”—hindi ba’t isa itong pagkakamali? Nilalabag nito ang mga prinsipyo; ito ay arbitraryong pagbibigay-kahulugan sa mga salita ng Diyos. Bilang buod, huwag kailanman ituring ang mga salita ng Diyos nang katulad sa mga salita ng tao, tulad ng isang nobela, mga sinulat ng isang tanyag na tao, o isang bagay na may kinalaman sa akademikong talakayan. Bukod sa hindi pagbabaluktot o pagbibigay-kahulugan nang arbitraryo, dapat humarap ang isang tao sa mga salita ng Diyos nang may saloobin ng paghahanap, pagtanggap, at pagpapasakop kapag kinakain at iniinom at dinarasal-binabasa ang mga ito. Sa ganitong paraan lang makikita ng isang tao ang katotohanan, mauunawaan ang mga layunin ng Diyos, mahahanap ang landas sa pagsasagawa ng mga salita ng Diyos, at malulutas ang kanyang mga tiwaling disposisyon at ang iba’t ibang suliraning nararanasan sa paggampan ng tungkulin niya at sa buhay. Ang pagkamit sa ganitong resulta ay nagpapatunay na tama ang iyong saloobin sa mga salita ng Diyos. Ang ating pagbabahaginan tungkol sa unang pagpapamalas ng paghamak ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos—arbitraryong pagbabaluktot at pagbibigay-kahulugan sa mga salita ng Diyos—ay nagtatapos sa puntong ito.

B. Itinatatwa ng mga Anticristo ang mga Salita ng Diyos Kapag Hindi Umaayon ang mga Ito sa Kanilang mga Kuru-kuro

Ang ikalawang pagpapamalas ay na itinatatwa ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos kapag hindi umaayon ang mga ito sa kanilang mga kuru-kuro. Sa gawain ng Diyos, mula noong simula hanggang sa ngayon, marami nang salita ang binigkas ng Diyos. Malawak ang saklaw ng mga salitang ito, at masagana ang nilalaman ng mga ito, kabilang na ang mga aspekto na may kaugnayan sa mga layunin at pananaw ng mga tao, pati na rin sa kanilang paglilingkod sa Diyos. Siyempre, mas marami pa ang may kaugnayan sa mga tiwaling disposisyon ng mga tao, at ang mas malaking bahagi ay may kaugnayan sa mga layunin ng Diyos at sa mga hinihingi ng Diyos sa sangkatauhan. Sa mga salitang ito, gumamit ang Diyos ng iba't ibang pamamaraan ng pananalita. Sa iba't ibang pamamaraan ng pananalitang ito, sa simula ay medyo malapit sa mga tao ang ilang tono ng pananalita, na sinusundan ng paghatol at paglalantad sa sangkatauhan, pati na rin ng paglupig sa sangkatauhan, at pagkatapos ay ng unti-unting pagsasabi sa mga tao ng iba't ibang aspekto ng katotohanan. Maraming aspekto ang nilalaman ng mga salitang ito, pero gaano man ito kalawak, ang lahat ng ito ang kailangan ng tiwaling sangkatauhan. Bukod sa isang maliit na bahagi ng pinakaespesyal na nilalaman, ang karamihan sa mga salitang ito ay sinasalita ayon sa mga pattern ng wika ng tao, sa isang tono, gamit ang pagpili ng mga salita, at gamit ang lohika ng wika na matatanggap ng lahat ng tao. Sa madaling salita, pawang pangkaraniwan at napakadaling maunawaan ang mga estilo at pamamaraan ng mga anyo ng wika at pananalita na ito. Hangga't may mga normal na kaisipan ang isang tao, at may normal na isip at katwiran siya, mauunawaan niya ang mga salitang ito ng Diyos. Ito ang implikasyon nito: Hangga't normal ang mga kaisipan ng isang tao, pagkatapos niyang basahin ang mga salitang ito, mahahanap niya ang landas ng pagsasagawa, makikilala niya ang kanyang sarili, mauunawaan niya ang mga layunin ng Diyos, at mahahanap niya ang mga prinsipyo ng pagsasagawa. Hangga't may puso ang isang tao at nagtataglay siya ng mga normal na kaisipan, makakatulong sa mga tao ang mga salitang ito ng Diyos at magagabayan sila ng mga ito sa iba't ibang paghihirap sa buhay, at mabibigyang-kakayahan ng mga ito ang mga tao na maunawaan ang sarili nilang mga tiwaling disposisyon. Ganito ang karamihan sa nilalaman ng mga salita ng Diyos, ngunit may bahagi na sinasalita mula sa perspektiba ng pagka-Diyos, mula sa perspektiba ng Espiritu. Napakaespesyal ng bahaging ito ng nilalaman. Sa mga mata ng buong sangkatauhan, napakalalim at mahirap maunawaan ang bahaging ito ng Kanyang mga salita. Para bang isa itong misteryo, at isa ring propesiya. Sa bawat pangungusap, bawat talata, at bawat kabanata ng pananalita, napakahirap para sa mga tao na makilatis ang kahulugan ng Diyos, mahirap hanapin ang konteksto ng mga salita ng Diyos at ang mga hinihingi ng Diyos sa tao, pati na rin ang mga katotohanang prinsipyo na hinahanap ng mga tao. Kaya, anong bahagi ng Kanyang mga salita ang mga ito? Ito ay "Mga Salita ng Diyos sa

Buong Sansinukob” at ang mga appendix nito. Napakahirap para sa mga tao na maunawaan ang bahaging ito ng Kanyang mga salita. Ipagpaliban muna natin ang usapin ng kung bakit sinasalita ng Diyos ang bahaging ito na mahirap para sa mga tao na maunawaan, at sa halip ay pag-usapan natin kung aling bahagi ng paksa ang ating pagbabahaginan—“Itinatatwa ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos kapag hindi umaayon ang mga ito sa kanilang mga kuru-kuro”—ang may kaugnayan sa bahaging nabanggit Ko. Tungkol sa karamihan ng mga pangkaraniwan, madaling maunawaan, at mga komplikado ngunit simpleng ipinahayag na salitang sinasabi ng Diyos, pati na rin ang mga babala at paalala ng Diyos sa tao, mga paghihimok at mga salita upang pagaanin ang loob ng tao, mga salita ng paglalantad at paghatol sa tao, at mga salita ng pagtustos at paggabay sa tao, para sa mga hindi talaga naghahangad sa katotohanan, iyong mga ginawang diyos ang salitang “Diyos” at mas gugustuhin pang maniwala sa isang malabong diyos, iniisip nila na tila hindi mga salita ng Diyos ang mga salitang ito. Tingin nila ay masyadong pangkaraniwan ang mga ito, masyadong tuwiran—simpleng usapan lamang. Iniisip nila na masyadong mahaba ang bawat kabanata. Ayaw nilang basahin ang mga salitang ito. Iniisip nila na kulang sa lalim at misteryo ang mga salita, at samakatwid ay hindi karapat-dapat na basahin. Kaya, sa kanilang pananaw, ang mga salitang ito ay hindi mga salita ng Diyos. Sinasabi nila ito dahil hindi akma sa kanilang panlasa ang nilalaman, paraan, at estilo ng mga salitang ito. Kung gayon, ano ang kanilang panlasa? Gusto nilang magbasa ng malalalim na teksto, mga salita na kahit paano pa basahin ng mga tao ay hindi pa rin nila maarok, tulad ng isang hindi maintindihang aklat mula sa langit; gusto nilang basahin ang mga ito. Hinahamak ng mga anticristo ang uri ng mga salitang itinustos ng Diyos na sinasalita sa isang paraan, tono, at estilo na akma sa mga panlasa ng tao. Puno sila ng mga kuru-kuro, panghahamak, at pangungutya sa mga salitang ito. Kaya, hindi nagbabasa, tumitingin, o nakikinig ang mga taong ito sa mga pangkaraniwan at madaling maunawaang salita na ito na nakakapagbigay ng buhay sa mga tao. Sa kanilang mga puso, mapanlaban, nasusuklam, at hindi sila tumatanggap sa mga salitang ito. Bakit nila nagagawang tumanggi, masuklam, at maging mapanlaban sa mga salitang ito? Isang dahilan ang tiyak: Naniniwala sila na sinasalita mula sa perspektiba ng Diyos sa katawang-tao ang mga salitang ito, kaya itinuturing nila ang mga salitang ito bilang mga salita ng tao. Ano ang konsepto ng mga salita ng tao? Sa pananaw ng mga anticristo, ang mga salita lamang ng Diyos, ang mga kasulatan ng langit lamang ang karapat-dapat nilang basahin. Ang mga malalim, di-maarok, at misteryosong salita lamang ang karapat-dapat nilang basahin. Hindi karapat-dapat na basahin nila ang mga pangkaraniwan at madaling maunawaang mga tekstong pantao na ito, hindi ito nakakaakit sa mata nilang “mapang-unawa,” at hinahamak nila ang mga ito. Hinding-hindi nila binabasa ang mga salitang ito, lalong hindi nila tinatanggap ang katotohanang nakapaloob sa mga ito.

Tumingin ka sa paligid at tingnan kung sino ang hindi nagbabasa ng mga salita ng Diyos; kung sino ang tumatayo at umaalis kapag may nagbabahagi tungkol sa mga salita ng Diyos; kung sino, kapag naririnig ang mga salita ng Diyos na binabasa o ang

katotohanan na pinagbabahaginan, ang humihikab, nag-iinat, hindi mapakali, naiinip, at naghahanap ng mga dahilan para umalis o nang-aantala, na binabago ang paksa—nasa panganib ang gayong mga tao. Maaari kang magsalita tungkol sa teolohiya, anumang mga maling paniniwala, o anumang mga pananaw ng tao, at pagtitiyagaan nilang pakinggan ito. Pero sa sandaling magsimula kang mangaral, magdasal-magbasa, o magbahagi tungkol sa mga salita ng Diyos, o magpuri sa mga salita ng Diyos, agad silang nagbabago, na nagbubunyag ng isang di-normal na pag-uugali, ng isang malademyong pag-uugali. Kapag naririnig nilang binabasa ang mga salita ng Diyos, nababalisa at naiinis sila, at sa sandaling marinig nila ang isang tao na nakikipagbahaginan tungkol sa katotohanan, nagiging palaban sila, at tumatayo at umaalis sila. Ano ang kalikasan nito? Anong disposisyon ito? Ganito ang mga anticristo. Maaaring sabihin ng ilan, “Paano Mo sila natatawag na mga anticristo? Maaaring mga bagong mananampalataya sila na hindi pa nagkakaroon ng interes sa mga salita ng Diyos o natitikman ang tamis ng mga salita ng Diyos. Hindi Mo ba pinapahintulutan ang posibilidad na maaaring maliit pa ang tayog ng mga bagong mananampalataya?” Kung mga bagong mananampalataya sila na maliit pa ang tayog at hindi interesado sa mga salita ng Diyos, bakit hindi sila nasusuklam kapag nagsasalita ka tungkol sa ibang mga bagay? Kung tatalakayin mo ang malalaking kalamidad, ang hinaharap ng sangkatauhan, mga misteryo, o ang Aklat ng Pahayag, tingnan mo kung kaya nilang mapakali. Nag-iiba ang kanilang pag-uugali kung gayon. Mula sa perspektiba ng kalikasang diwa ng mga anticristo, mapanlaban sila sa katotohanan. Paano nabubunyag itong kalikasang diwa ng pagkamapanlaban sa katotohanan? Ito ay na kapag naririnig nila ang mga salita ng Diyos, nakakaramdam sila ng pagkasuklam, antok, at nagbubunyag sila ng iba’t ibang pagpapahayag ng panghahamak, pagkainip, at pag-ayaw na makinig. Nabubunyag ang kanilang malademyong pag-uugali sa ganitong paraan. Sa panlabas, tila ginagawa nila ang kanilang tungkulin at kinikilala nila ang kanilang sarili bilang mga tagasunod ng Diyos. Kaya, bakit sila nagiging magulo kapag pinagbabahaginan ang katotohanan, kapag pinagbabahaginan ang mga salita ng Diyos? Bakit hindi sila mapakali? Para bang may dalang espada ang mga salita ng Diyos. Tumagos ba sa kanila ang mga salita ng Diyos? Kinondena ba sila ng mga salita ng Diyos? Hindi. Para sa pagtustos ng mga tao ang karamihan sa mga salitang ito, at kapag naririnig nila ang mga ito, nagigising ang mga tao, nakakahanap ng paraan para mabuhay, at nagagawa nilang mabuhay muli nang may wangis ng tao. Kaya bakit may di-normal na reaksiyon ang ilang tao kapag naririnig nila ang mga salitang ito? Ito ang diyablong nagbubunyag ng tunay nitong pag-uugali. Hindi sila nakakaramdam ng pagkasuklam kapag nagsasalita ka tungkol sa teolohiya, mga maling pananampalataya, mga maling paniniwala, o sa Aklat ng Pahayag. Kahit na magsalita ka tungkol sa pagiging totoo, pagiging mapagpalugod ng mga tao, o magkuwento ka tungkol sa kabayanihan, hindi sila nakakaramdam ng pagkasuklam. Pero sa sandaling marinig nilang binabasa ang mga salita ng Diyos, nakakaramdam sila ng pagkasuklam, tumatayo sila, at gusto nang umalis. Kung hihikayatin mo silang makinig nang maayos, magiging palaban sila at

pandidilatan ka nila nang may galit. Bakit hindi kayang tanggapin ng gayong mga tao ang mga salita ng Diyos? Hindi sila mapakali kapag naririnig nila ang mga salita ng Diyos—bakit ganito? Pinapatunayan nito na hindi normal ang espiritu sa loob nila; isa itong espiritu na tutol sa katotohanan at salungat sa Diyos. Sa sandaling marinig nila ang mga salita ng Diyos, naiirita sila sa loob, at kumikilos ang demonyo sa loob nila, na nagdudulot para hindi sila mapakali. Ito ang diwa ng isang anticristo. Kaya, mula sa labas, hinahamak ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos na hindi umaayon sa kanilang mga kuru-kuro. Pero ano ba ang talagang tinutukoy nitong “hindi umaayon sa kanilang mga kuru-kuro”? Malinaw nitong ipinapahiwatig na kinokondena nila ang mga salitang ito, hindi nila inaamin na galing sa Diyos ang mga ito at hindi nila inaamin na ang mga ito ang katotohanan o ang daan ng buhay na nagliligtas sa mga tao. Isang palusot lang ang hindi umaayon sa kanilang mga kuru-kuro, isang mababaw-na-antas na kaganapan. Ano ang ibig sabihin ng hindi pag-ayon sa kanilang mga kuru-kuro? Wala bang mga kuru-kuro ang bawat tao tungkol sa lahat ng salitang ito na sinabi ng Diyos? Matatanggap ba ng lahat ng tao ang mga ito bilang mga salita ng Diyos, bilang ang katotohanan? Hindi—humigit-kumulang, sa ilang antas, may ilang kaisipan, kuru-kuro, o pananaw ang bawat tao na sumasalungat o kumokontra sa mga salita ng Diyos. Gayumpaman, may normal na pagkamakatwiran ang karamihan ng tao, at ang pagkamakatwiran na ito ay makakatulong sa kanila na malampasan ang saloobin na lumalabas kapag nahaharap sila sa mga salita ng Diyos na hindi umaayon sa kanilang mga kuru-kuro. Sinasabi sa kanila ng kanilang pagkamakatwiran, “Kahit na hindi ito umaayon sa aking mga kuru-kuro, mga salita pa rin ng Diyos ang mga ito; kahit na hindi ito umaayon sa aking mga kuru-kuro, kahit nag-aatubili akong makinig, kahit pakiramdam ko ay mali ito, at kahit pakiramdam ko ay salungat ito sa aking mga kaisipan, ang mga salitang ito pa rin ang katotohanan. Dahan-dahan kong tatanggapin ang mga ito, at balang araw kapag nakikilala ko na ang lahat ng ito, bibitawan ko na ang aking mga kuru-kuro.” Sinasabi sa kanila ng kanilang pagkamakatwiran na unang isantabi ang kanilang sariling mga kuru-kuro; ang kanilang mga kuru-kuro ay hindi ang katotohanan at hindi maaaring pumalit ang mga ito sa mga salita ng Diyos. Sinasabi sa kanila ng kanilang pagkamakatwiran na tanggapin ang mga salita ng Diyos nang may saloobin ng pagpapasakop at pagkamatapat, sa halip na labanan ang mga salita ng Diyos gamit ang kanilang sariling mga kuru-kuro at pananaw. Kaya, kapag naririnig nila ang mga salita ng Diyos, nagagawa nilang tanggapin ang mga salita na umaayon sa kanilang mga kuru-kuro at tahimik silang umuupo para makinig. Para sa mga hindi umaayon sa kanilang mga kuru-kuro, naghahanap din sila ng mga solusyon, nagsusumikap na isantabi ang kanilang sariling mga kuru-kuro at maging kaayon ng Diyos. Ito ang normal na pag-uugali ng karamihan ng makatwirang tao. Gayumpaman, hindi kapareho ng sa mga ordinaryong tao ang “hindi umaayon sa kanilang mga kuru-kuro” na binanggit ng mga anticristo. Sa kaso ng mga anticristo, may mga malubhang isyu ito; isang bagay ito na ganap na taliwas sa mga kilos, salita, diwa, at disposisyon ng Diyos, isang bagay na sa

isang satanikong disposisyong diwa. Sa kanilang kaso, ito ay pagkondena, paglapastangan, at pangungutya sa mga salita ng Diyos. Naniniwala sila na ang pangkaraniwan at madaling maunawaang wikang ito ng tao na sinalita ng Diyos ay hindi ang katotohanan at hindi nito makakamit ang bunga ng pagliligtas sa mga tao. Ito ang eksaktong kahulugan ng sinasabi ng mga anticristo na “hindi umaayon sa kanilang mga kuru-kuro.” Kaya, ano ang diwa nito? Ang totoo, ito ang pagkondena, pagtanggi, at paglapastangan sa Diyos.

Naniniwala ang mga anticristo na kapag ang Diyos ay tumitindig mula sa perspektiba ng pagkatao, mula sa perspektiba ng ibang partido, gamit ang mga pattern, estruktura, at diksiyon ng wika ng tao para kausapin ang mga tao, ang mga salitang ito ay hindi sapat na malalim, hindi kalipikadong matatawag na mga salita ng Diyos, kaya mas gusto nilang mamatay kaysa tanggapin ang mga ito. Sinasabi ng ilang tao, “Sinasabi Mong hindi nila tinatanggap, pero kumakain at umiinom din sila ng mga salita ng Diyos, minsan ay may mga espirituwal na debosyon sila, at minsan, kapag nakikipagbahaginan sila sa amin, sinisipi pa nga nila ang mga salita ng Diyos. Paano Mo ipapaliwanag iyon?” Ibang usapin na iyan; iyan lang ang nakikita sa panlabas, pero sa diwa, ganito tukuyin ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos: “Ang mga salitang sinabi ng nagkatawang-taong anak ng tao ay hindi katumbas ng katotohanan, lalong hindi ito katumbas ng mga salita ng diyos, kaya hindi ko kailangang tanggapin, kainin, inumin ang mga ito o magpasakop sa mga ito.” Gayumpaman, tungkol sa bahagi na ipinahayag ng laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos mula sa perspektiba ng Espiritu, mula sa perspektiba ng pagka-Diyos—Mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob—ito ay nakikita ng mga anticristo ngunit hindi nila ito maaabot. Ito ay bahagi ng mga salita ng Diyos na labis nilang kinahuhumalingan. Ano ang ibig sabihin ng pagkahumaling na ito? Ang ibig sabihin nito ay naglalaway ang mga anticristo sa mga salitang ito, iniisip nila, “Dahil sa mismong bahaging ito ng iyong pananalita, ikaw, na isang walang-kuwentang tao, isang hindi kahanga-hangang tao, isang taong walang halaga sa paningin namin, ay naging diyos. Labis itong hindi nararapat, hindi makatarungan!” Gayumpaman, may isang aspekto na itinuturing nila na “dapat ipagdiwang.” Dahil mismo sa pagpapahayag ng bahaging ito ng mga salita ng Diyos kaya natutugunan ang kanilang pagnanais at ambisyon na hangaan at pagpitagan ang Diyos sa langit. Nagbubukas ito ng isang bagong pananaw para sa kanila, at sinasabi nila, “Kahanga-hanga, ang diyos ay talagang diyos! Ang diyos na ito ang siyang mula sa ikatlong langit, ang pinakadakila sa lahat. Karapat-dapat talaga siyang maging diyos; ang pagsasabi ng gayong mga salita ay hindi simpleng bagay. Walang ni isang pangungusap ang mauunawaan ng mga tao, napakalalim ng mga salitang ito, mas malalim pa kaysa sa mga propesiya ng mga propeta!” Tuwing binabasa ng mga anticristo ang mga salitang ito, napupuno ang kanilang puso ng inggit at selos, napupuno ng paghanga para sa Diyos sa langit. Tuwing binabasa nila ang mga salitang ito, nararamdaman nilang sila ang pinakanagmamahal sa Diyos; tuwing binabasa nila ang mga salitang ito, nararamdaman nilang sila ang pinakamalapit sa Diyos. Labis na natutugunan ng mga salitang ito ang kanilang pagkamausisa tungkol sa Diyos. Bagama’t sa bahaging ito ng

mga salita ng Diyos, hindi talaga nila nauunawaan kung ano ang mga layunin ng Diyos, ang konteksto ng bawat binigkas na pangungusap ng Diyos, kung ano ang panghuling epekto na layong matamo, o ang kahulugang ipinapahayag sa likod ng mga salita, umaasa pa rin sila sa bahaging ito ng Kanyang mga salita nang may masidhing pananabik. Bakit? Dahil mahirap unawain ang bahaging ito, wala itong pagkatao na makikita sa nagkatawang-taong Diyos, hindi ito sinabi mula sa perspektiba ng pagkatao o mula sa ibang partido. Sa bahaging ito, nakikita nila ang kadakilaan ng Diyos, ang Kanyang pagiging hindi maarok, at Siya ay nakikita rin nila bilang isang bagay na kanilang nakikita ngunit hindi nila maabot. Habang mas nagiging ganito ang kanilang pananaw, mas lalo nilang pinaniniwalaan na ang Diyos sa langit ay umiiral, at na ang Diyos sa lupa ay napakawalang-halaga, na Siya ay mahirap paniwalaan, at hindi karapat-dapat na paniwalaan. Hindi kalabisang sabihin na tinanggap ng ilang tao ang gawain ng Diyos sa mga huling araw dahil sa bahaging ito ng Kanyang mga salita. Pumunta ang ilan sa gawain ng Diyos sa mga huling araw lalo na dahil sa mga salitang ito, at narito ang ilan at naghihintay lang sa katuparan ng bahaging ito ng Kanyang mga salita. Bukod dito, sa pamamagitan ng mga salitang ito, kinumpirma ng ilan ang pag-iral ng Diyos sa langit at kaya mas lalo nilang hinahamak ang kababaang-loob at kawalang-halaga ng Diyos sa lupa. Habang lalo nilang binabasa ang bahaging ito ng Kanyang mga salita, lalo din nilang nararamdaman na ang Diyos sa lupa, ang nagkatawang-taong Diyos, ay nagsasalita nang napakababaw. Sinasabi nila, “Ang iyong mga salita ay napakadaling maunawaan. Bakit hindi ka magsabi ng isang bagay na hindi namin mauunawaan? Bakit hindi ka magsalita tungkol sa ilang misteryo? Bakit hindi ka magsalita sa wika ng ikatlong langit? Bakit hindi ka magsalita gamit ang banal na wika? Palawakin mo ang aming pananaw at buksan mo ang aming isipan. Kung magsasalita at kikilos ka nang ganoon, hindi ba’t mas lalaki ang aming pananalig? Hindi ba’t titigil kami sa paglaban sa iyo? Kung magsasalita ka at papangunahan mo kami sa ganoong paraan, hindi ba’t mas tataas ang katayuan mo? Paano ka namin hinahamak kung magkagayon?” Hindi ba’t medyo hindi makatwiran ito? Ito ay ganap na hindi makatwiran! Mayroon bang normal na pagkatao ang mga taong hindi makatwiran, mayroon ba silang pag-iisip ng normal na pagkatao? (Wala.) Kaya, mayroon bang normal na pagkamakatwiran ang ganitong mga uri ng mga anticristo, ang grupong ito ng mga taong ganito ang reaksiyon sa mga salita ng Diyos? (Wala.) Minsan, kapag nakikita Kong nag-uusap ang mga tao, sumasali Ako para makipag-usap sa kanila. Pero nagugulat Ako dahil nag-uusap sila tungkol sa mga napakatayog na paksa na hindi Ako makapasok o makasali sa usapan. Sinasabi nila, “Maliwanag na hindi ka akma rito. Hindi mo kayang magsalita sa wika ng ikatlong langit. Nagsasalita kami sa wika ng ikatlong langit, na hindi kayang maunawaan ng mga ordinaryong tao. Ano naman kung ikaw ang diyos? Hindi mo pa rin ito maunawaan, kaya hindi namin kailangang isali ka.” Sabihin mo sa Akin, ano ang dapat Kong gawin sa gayong mga sitwasyon? Dapat matutunan ng mga tao na maging makatwiran. Kapag nakikita Ko silang nagsasalita ng gayong katayog at kamakapangyarihang wika ng

ikatlong langit, at hindi Ko maabot ang antas na iyon, dapat umalis na lang Ako kaysa ipahiya Ko ang sarili Ko. Lantarang ipinapangaral ng ilang anticristo ang ganitong mga maling pananampalataya, mga maling paniniwala, at walang-kabuluhan at impraktikal na mga salita na malinaw na nagmumula kay Satanas, mula sa arkanghel. Ang mga salitang sinasabi nila ay tila sopistikado at matayog kung pakikikinggan, hindi maaabot ng karamihan sa normal na tao. Ano ang ibig sabihin ng hindi maaabot? Ibig sabihin, sa sandaling marinig mo ito, makikilala mo na maladiyablong usapan ito, at na dapat mong tanggihan ang mga ito.

Ano ang diwa ng pagtatatwa ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos na hindi umaayon sa mga kuru-kuro nila? Nakita mo na ba ito nang malinaw? Ni hindi talaga nila binabasa ang mga salitang ito ng Diyos. Sa simula, dahil sa pagkamausisa, pinapasadahan nila ang mga salita ng Diyos nang paimbabaw. Pagkatapos ng isang mabilisang pagtingin, iniisip nila, “Karamihan sa mga salitang ito ay hindi karapat-dapat na basahin, walang praktikal, mahalaga, o makabuluhan sa mga ito, walang bagay na karapat-dapat sa malalim na pagsasaliksik.” Habang nagbabasa sila, nasusumpungan nila ang bahagi na, Mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob. Pakiramdam nila, ang bahaging ito ay may pagkabanal ang wika, may taas at lalim, karapat-dapat sa pagsisiyasat at pagsasaliksik ng tao—akma ito sa kanilang panlasa. Ano ang inaasahan nila ngayon? “Sino ang makapagpapaliwanag ng bahaging ito? Ano ba mismo ang layunin ng diyos? Ano ang ibig sabihin ng bawat sipi ng mga salita ng diyos, at paano ito maisasakatuparan?” Ito ang pinakagustong malaman ng mga anticristo, pero hindi nila ito maunawaan nang sila lang. Sa tingin ba ninyo ay dapat silang sabihan? (Hindi na kailangan.) Bakit hindi? Karapat-dapat bang marinig ng mga diyablo ang mga salita ng Diyos? Karapat-dapat bang malaman nila ang mga misteryo ng Diyos? (Hindi.) Ang mga misteryo ng Diyos ay ibinubunyag sa mga nananampalataya, sumusunod, at nagpapasakop sa Kanya, at itinatago mula sa mga diyablo at mga Satanas; hindi karapat-dapat ang mga ito. Samakatwid, kung isang araw ay magpasya ang Diyos na ibunyag ang mga misteryo at ang diwa ng bahaging ito ng Kanyang mga salita, pati na rin ang mga ugat at konteksto ng mga salitang ito, ibubunyag lang ito sa hinirang na mga tao ng Diyos, para malaman nila, pero hindi kailanman sa mga Satanas o mga diyablo. Kung kayo ay mga naghahangad sa katotohanan at mapalad na makakapanatili hanggang sa wakas, magkakaroon kayo ng pagkakataong maunawaan ang nilalaman ng bahaging ito ng Kanyang mga salita. Maraming misteryo sa mga salita ng Diyos at gayundin sa Kanyang gawain. Halimbawa, ang kasalukuyang pagkakatawang-tao ng Diyos; bagama’t—humigit-kumulang, at sa iba’t ibang antas—may ilang hindi gaanong malinaw na propesiya tungkol dito sa Bibliya at sa mga nakaraang hula, ang lahat ng propesiyang ito ay medyo lihim. Ang kasalukuyang pagkakatawang-tao ng Diyos, sa buong sangkatauhan at sa buong anim-na-libong-taong plano ng pamamahala, ay ang pinakamalaking misteryo at ang pinakalihim na usapin. Hindi alam ng mga tao, hindi alam ng mga anghel, hindi alam ng lahat ng nilikha ng Diyos; kahit si Satanas, ang pinakamaabilidad, ay hindi alam ang tungkol dito. Bakit hindi nito

alam? Kung gusto ng Diyos na sabihin ito rito, hindi ba't magiging napakadali na malaman nito? Kaya, bakit hindi nito alam? Isang bagay ang tiyak: Ayaw ng Diyos na malaman nito. Kahit na maraming palatandaan, maraming propesiya, at maraming katunayan na tumutukoy sa kaganapang ito, na nagpapahiwatig at nagpapahayag na mangyayari ito, hangga't ayaw ng Diyos na malaman nito, hindi ito kailanman malalaman ni Satanas. Ito ay isang katunayan. Sasabihin ito ng Diyos nang direkta kay Satanas kapag gusto Niyang malaman nito. Kung hindi sasabihin ng Diyos kay Satanas at hindi Niya ito binabanggit, kahit na lumitaw ang mga katunayang ito at ang mga bagay na batay sa propesiya, maaari itong bulagin ng Diyos, at hindi nito malalaman ito. Mahusay ba ang kapabilidad ni Satanas? Kung titingnan sa ganitong paraan, hindi. Pagdating sa gayong makabuluhang gawa tulad ng pagkakatawang-tao ng Diyos, sa mundo man ng tao, sa materyal na mundo, o sa espirituwal na mundo, hindi ba't magkakaroon ng ilang palatandaan nito? Kung sama-samang titingnan ang lahat ng palatandaang ito, magiging madaling makita ang gawang ito na layong isakatuparan ng Diyos. Kaya bakit hindi ito alam ni Satanas? Bakit, pagkatapos ng napakaraming taon ng paggawa ng Diyos sa bayan ng malaking pulang dragon, hindi nito nauunawaan ang kahalagahan ng gawa na isinakatuparan ng Diyos? Kapag napagtanto na ito nito, natapos na ang gawang ito, hindi na ito mapapakialaman ni Satanas, at naitakda na ang mga resulta at bunga ng gawang ito. Sa oras na iyon, hindi ba't masyado nang huli para kay Satanas na matuklasan ang katotohanan? Hindi ba't natutupad nito ang kasabihang "Palaging magiging isang talunang kaaway si Satanas sa mga kamay ng Diyos"? Ganoon mismo. Nagkakamali ang mga anticristo sa paniniwala na hangga't hindi umaayon ang mga salita ng Diyos sa mga kuru-kuro o panlasa ng tao, maitatatwa nila ang mga ito at pagkatapos ay hindi na magiging Diyos ang Diyos. Iniisip nila na hindi makakagawa ng anumang makabuluhan ang pagkakatawang-tao ng Diyos, ni hindi ito maaaring maging isang katunayan. Hindi ba't isa itong malaking pagkakamali? Nagkamali sila ng kalkulasyon at nahulog sila sa sarili nilang patibong. Bakit sila nahulog sa sarili nilang patibong? Ang paraan ng pagsasalita at paggawa ng Diyos para iligtas ang mga tao ay sa pamamagitan mismo ng paggamit sa mga hindi kapansin-pansing salita na hindi umaayon sa mga kuru-kuro ng tao o na mukhang dakila. Ang mismong nakatagong nilalaman ng mga mapagpakumbabang salitang ito ang naglalaman ng mga layunin ng Diyos, ng katotohanan, ng daan, at ng buhay. Sapat na ang mga salitang ito para iligtas ang tiwaling sangkatauhang ito at maisakatuparan ang plano ng pamamahala ng Diyos. Samantala, ang mga kumokondena sa mga ordinaryong salitang ito ay ititiwalag, kokondenahin, at sa huli ay paparusahan. Nagkakamali sila sa pag-iisip na, "Hindi ko tatanggapin ang mga salita mong ito, hindi ko pinahahalagahan ang mga ito! Hindi umaayon ang mga salita mo sa mga kuru-kuro ko, hindi umaayon ang mga ito sa aking mga kuru-kuro, pananaw, o paraan ng pag-iisip, kaya matatanggihan ko ang mga ito, malalabanan at kokondenahin ko ang mga ito, at pagkatapos ay wala kang anumang maisasakatuparan!" Mali sila. Ang hindi pagtanggap ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos ay ang kanilang pagkahulog

sa sarili nilang patibong; hindi kailanman nilayon ng Diyos na tumanggap sila, at bakit ganoon? Dahil sila ay kay Satanas at sa mga diyablo. Hindi kailanman plinano ng Diyos na iligtas sila o baguhin sila; iyon ang katunayan. Kaya, ano ang katunayan sa huli? Ang mga anticristo, sa pamamagitan ng pagtatatwa, pagkondena, at pagtanggì sa mga salita ng Diyos, ay kinokondena at itinataboy ng Diyos. Ano ang dapat ninyong maunawaan mula rito? Ang mga salita ng Diyos na hindi umaayon sa mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao ay hindi dahilan para hindi mo tanggapin ang mga ito. Ang mga bahagi ng mga salita ng Diyos na hindi umaayon sa mga kuru-kuro mo ay hindi nangangahulugang hindi ang katotohanan ang mga ito, at hindi iyon dahilan para itanggì mo ang mga ito. Sa kabaligtaran, kung mas hindi umaayon ang mga salita ng Diyos sa mga kuru-kuro mo, mas dapat mong isantabi ang mga kuru-kuro mo para hanapin ang katotohanan. Habang lalong hindi umaayon ang mga salita ng Diyos sa mga kuru-kuro mo, mas lalong kinakatawan ng mga ito kung ano ang wala sa iyo, kung ano ang kulang sa iyo, kung ano ang kailangan mong punan, at lalo na kung ano ang kailangan mong hanapin para baguhin at pasukin. Ito ang dapat ninyong maunawaan.

Itinuturing ng mga anticristo ang sarili nila na engrande, dakila, at marangal. Kung babasahin nila ang mga salita ng Diyos, dapat nilang piliin ang mga banal na pagbigkas, ang mga salitang sinabi ng Diyos mula sa ikatlong langit, o basahin ang ilang malalim na salita ng Diyos na mahirap maunawaan at lubos na maintindihan ng mga karaniwan at ordinaryong tao. Ang ninanais nila sa mga salita ng Diyos ay hindi ang katotohanan o ang landas sa pagsasagawa, kundi ang matugunan ang pagkamausisa nila, ang mga walang-kabuluhan nilang kaisipan, at ang mga ambisyon at pagnanais nila. Kaya, kung makakakita ka ng ilang tao sa paligid mo na binabalewala ang mas karaniwan at madaling maunawaang mga bahagi ng mga salita ng Diyos, ang mga salitang sinabi ng Diyos mula sa perspektiba ng pagkatao, o na hindi man lang kinakanta ang mga ito kapag nilapatan ng musika, at sa halip ay tinitingnan, pinapakinggan, o binabasa nila ang mga piling salita ng Diyos, may problema ang gayong mga tao. Maaaring itanong ng ilan, “Anong uri ng problema? Problema ba ito sa kanilang pag-iisip o isang sikolohikal na problema?” Wala sa dalawa; may problema ang gayong mga tao sa kanilang disposisyon. Napansin ba ninyo na ang ilang tao, kapag kumakanta ng mga himno ng mga salita ng Diyos, ay hindi kinakanta ang mga may kaugnayan sa mga katotohanan tungkol sa pang-araw-araw na buhay, na ayaw nilang kumanta ng mga himno tungkol sa pagkilala sa sarili, iyong mga naglalantad ng mga tiwaling disposisyon ng mga tao, mga relihiyosong kuru-kuro, at mga maling pananaw sa pananampalataya sa Diyos, pati na rin iyong mga himno kung saan hinihingi ng Diyos sa mga tao na maging matapat? Lalo na tungkol sa mga salita at nilalaman ng pagkakatawang-tao ng Diyos, ang mga himno na nagpapatotoo sa kababaang-loob at pagiging tago ng Diyos, na nagpupuri at nagpapatotoo sa Diyos na nagkatawang-tao, hindi sila kumakanta ni isang salita ng mga ito, at nasusuklam sila sa sandaling simulang kantahin ng iba ang mga ito. Pero kapag kumakanta sila tungkol sa nagpapatotoo at nagpupuri sa Diyos sa langit, sa Espiritu ng

Diyos, tungkol sa pagpapatotoo sa matuwid na disposisyon, kadakilaan, mga gawa, mga atas administratibo, at poot ng Diyos, kumakanta sila nang buong sigla at nagbubunyag pa nga ng di-maipaliwanag na pagpapahayag. Kapag kinakanta nila ang gayong mga himno, nagiging kakaiba sila; napapangiwi ang mukha nila at lumilitaw ang masama nilang asal. Kapag kinakanta nila ang tungkol sa matuwid at maharlika ng disposisyon ng Diyos, hinahampas nila ang mesa at ipinapadyak ang mga paa nila, at nanggagalaiti sila; kapag tungkol sa pagpapakawala ng poot ng Diyos at pagdudulot ng malalaking sakuna sa buong sangkatauhan, kinakanta nila ang mga ito nang tiim-bagang, namumula at namamaga ang mukha nila. Hindi ba't may problema sa espiritu ng gayong mga tao? Halimbawa, sinabi ng Diyos, "Kapag pinakawalan Ko ang malaking poot, mayayanig ang bawat bansa"; pagkatapos mailapat ang pahayag na ito sa musika, nagbabago ito mula sa unang panauhan at nagiging, "Kapag pinakawalan ng Diyos ang malaking poot, mayayanig ang bawat bansa" sa ikatlong panauhan. Ang normal na mentalidad ay na ito ay mga salita ng Diyos, na ito ay pag-unawa sa disposisyon ng Diyos sa pamamagitan ng pagkanta ng Kanyang mga salita, at pag-unawa sa disposisyon ng Diyos at sa mentalidad at konteksto ng pagsasalita ng Diyos mula sa ikatlong panauhan, mula sa perspektiba ng tao. Ito ang katwiran at reaksiyon ng normal na pagkatao. Pero paano ito kinakanta ng mga anticristo? Hindi nila binabago ang ikatlong panauhan, pero iba ang pag-iisip nila kaysa sa mga normal na tao. Kapag kinakanta ng mga normal na tao ang "Diyos," iniisip nila, "Ito ang mga gawa ng Diyos, mga salita ng Diyos; ito ang sinasabi ng Diyos." Ngunit paano naman kapag kumakanta ang mga anticristo? Ang pag-iisip nila ay, "Ito ang ginawa ko, ang sinabi ko, ang poot na papakawalan ko, ang disposisyon na ibubunyag ko." Hindi ba't naiiba ito? Bagama't hindi sila nangangahas na hayagang kantahin sa harap ng lahat ang "Kapag pinakawalan ko ang malaking poot, mayayanig ang bawat bansa," ganoon nila ito kinakanta sa puso nila. Iniisip nila na sila mismo ang nagpapakawala ng poot at nagpapayanig sa bawat bansa, kaya kinakanta nila ang mga salitang ito nang may tunay na emosyon. Hindi ba't nagpapahiwatig ito ng problemang nakapaloob sa kanila? Mula sa simula hanggang sa wakas, ang dahilan kung bakit hindi kinikilala ng mga anticristo ang Diyos ay dahil gusto nilang maging Diyos. Gusto nilang itatag ang sarili nila habang ikinakaila ang Diyos, hinihimok nila ang mga tao na maniwala na sila ang Diyos at kilalanin sila bilang ang Diyos ng sangkatauhan. Iyon mismo iyon. Samakatwid, kapag nagbabasa ng isang sipi kung saan nagsasalita ang Diyos tungkol sa Kanyang pagka-Diyos, ang mga taong may katwiran ng normal na pagkatao ay naaarok ito at nagdarasal-nagbabasa nito mula sa perspektiba ng ikatlong panauhan, pinagbubulayan nila ang mga layunin ng Diyos. Gayumpaman, ang mga anticristo ay iba. Habang kinakanta o binabasa nila ang mga salitang ito, nakadarama sila ng pagnanais na ipahayag ang gayong disposisyon, na mamuhay sila mismo sa loob ng gayong disposisyon at diwa. Layon nilang palitan ang Diyos, tinatangka nilang gayahin ang tono ng pananalita, paraan, diksiyon, at disposisyon ng Diyos sa loob ng Kanyang mga pagbigkas, ang tono ng Kanyang pananalita, ang lahat ng Kanyang

pagpapahayag, at ang mga disposisyon na Kanyang ibinubunyag. Sila ay mga ganap na anticristo. Dahil hindi nila kayang magsalita nang gaya sa Diyos, hindi nila kayang ipahayag ang disposisyon ng Diyos, at nabibigo sila sa panggagaya nila, kapag nagsasalita ang Diyos sa Kanyang pagka-Diyos, sa wakas ay nakikita ng mga anticristo ang pagkakataon nila na gayahin ang Diyos at ang pagtatangkang maging Diyos. Ang mga pagbigkas ng Diyos mula sa perspektiba ng Kanyang pagka-Diyos ay nagbibigay ng mga palatandaan at direksyon sa mga anticristo, ipinapaalam sa kanila kung paano nagsasalita ang Diyos, ang tonong ginagamit Niya para makipag-usap sa tao, at ang paraan, perspektiba, at intonasyon na ginagamit Niya para makipag-usap sa tao. Isa ito sa mga layon nila sa pagpapahalaga at pagsamba sa mga salitang binigkas ng Diyos sa Kanyang pagka-Diyos. Samakatwid, sa pang-araw-araw na buhay, madalas na posibleng makita ang ilang tao na ginagaya ang tono ng Diyos para pangaralan ang iba gamit ang pagdadahilan ng pagpapakaresponsable sa gawain ng sambahayan ng Diyos o sa buhay ng mga kapatid. Sinisipi pa nga nila ang kada salita ng Diyos para sermonan, kondenahin, pungusan, at ilantad ang mga tao. Ang pakay sa likod ng mga kilos nila, kapag sinusuri mula sa ugat at konteksto ng maraming katunayan, ay hindi tunay na mula sa katapatan, sa pagpapahalaga sa katarungan, o sa responsabilidad—sa halip, tinatangka nilang gawin ang gawain ng Diyos mula sa posisyon ng Diyos at mula sa perspektiba ng Diyos, at nilalayon nilang palitan ang Diyos. Sinasabi ng ilang tao, “Hindi naman nila sinabi kailanman na gusto nilang palitan ang Diyos.” Hindi nila kailangang sabihin ito; mahahalata ito sa pamamagitan lang ng pagmamasid sa diwa, ugat, at motibasyon ng mga kilos nila; matutukoy na ito ang panggugulo at mga pamamaraan ng isang anticristo. Anuman ang pagpapamalas, ang kagustuhang maging Diyos, ang pagkimkim ng layuning ito sa anumang paraan—iyon ba ang dapat gawin ng isang taong may katwiran ng normal na pagkatao? (Hindi.) Maaari bang tukuyin ang gayong tao bilang isang anticristo batay lamang dito? (Oo.) Ang puntong ito lang ay sapat na. Kahit gaano kalaki ang tayog mo, kung palagi mong gusto na maging Diyos, at walang pakundangan mong ginagaya ang Diyos, iginigiit sa iba na ituring at itrato ka bilang Diyos, ang gayong mga kilos, pag-uugali, at disposisyon ay bumubuo sa diwa ng isang anticristo. Ang puntong ito lang ay sapat na para matukoy ang isang tao bilang isang anticristo. Hindi ito disposisyon ng isang anticristo, o isang bakas ng pag-uugali ng isang anticristo, kundi isang pagpapamalas ng pagkakaroon ng diwa ng isang anticristo.

Sabihin mo sa Akin, alin ang may mas malubhang kalikasan: ang kagustuhang maging Diyos o ang pagkakaroon ng mga ambisyon at pagnanais na palaging maghanap ng katayuan? (Ang kagustuhang maging Diyos.) Ang mga tao ay may mga ambisyon, mayayabang na disposisyon, at hilig nilang igiit ang katayuan nila, kung minsan ay tinatamasa ang mga kapakinabangang bunga ng katayuang ito, pinapahalagahan ito—isa itong tiwaling disposisyon, at maaari itong magbago. Gayumpaman, ang kagustuhang maging Diyos, paggaya sa tono ng pananalita ng Diyos, paggaya sa paraan ng pananalita ng Diyos, at maging ang ganap na pagsipi sa kada salita ng Diyos, binibigkas ang kada

salita nito para magkaroon ng maling paniniwala ang iba na kaya ng isang tao na magsalita at kumilos katulad ng Diyos, na ang kanilang tono at paraan ng pananalita ay sobrang kahawig ng sa Diyos, na sa huli ay napapaniwala nang mali ang iba na sila ay Diyos o halos kapareho ng Diyos, at tinatrato pa nga sila ng iba bilang Diyos—problema iyon; ito ay isang isyu na walang kalutasan, isang karamdaman na walang lunas. Ang kagustuhan ba na maging Diyos ay isang maliit na usapin? Natutukoy ang pagkakakilanlan ng Diyos batay sa Kanyang diwa. Ang diwa at disposisyon ng laman kung saan ang Diyos ay nagkatawang-tao ay hindi nakakamit sa pamamagitan ng Kanyang mga personal na pagsisikap o hindi nalilintang ng lipunan, ng mga bayan, ng sangkatauhan, o ng sinumang indibidwal, ni hindi ito nililintang ng Diyos Mismo. Sa halip, likas na nagtataglay ang Diyos ng diwa ng Diyos. Hindi Niya kailangan ng tulong o pag-alalay ng tao, o ng anumang pagbabago sa kapaligiran o panahon. May pagkakakilanlan ang Diyos bilang Diyos, kaya matagal nang natukoy ang Kanyang diwa; isa itong likas na bagay. Ang Kanyang kakayahan na maipahayag ang katotohanan ay hindi isang bagay na Kanyang natutunan sa mga tao, hindi rin ito isang bagay na sila ang naglinang. Hindi naiintindihan nang mabuti ng mga anticristo ang usaping ito. Hangal silang naniniwala na kung napakahusay nilang magagaya ang tono at paraan ng pananalita ng Diyos, itinuturing sila ng mga tao na mas mala-Diyos, kung gayon ay kalipikado silang maging Diyos. Bukod pa rito, sa pagsasabi ng ilang walang-kabuluhan, di-praktikal, di-maarok na diumano’y “mga salita ng Diyos” na nagdudulot sa mga tao na malito at maguluhan, iniisip nila na maaaring ituring sila ng mga tao bilang Diyos, at maaari silang magkaroon ng pagkakataon na maging Diyos. Hindi ba’t isa itong mapanganib na usapin?

Ang pagnanais at ambisyon na maging Diyos ay palaging napupukaw sa puso ng mga anticristo. Habang itinatatwa at kinokondena nila ang mga salita ng Diyos, ginagaya rin nila ang tono ng Kanyang pananalita. Labis na kasuklam-suklam, buktot, walang kahihiyan, at ubod ng sama ang gayong gawain! Sila ay nahuhumaling at nababaliw sa pagnanais na maging Diyos. Hindi ba’t nakakasuklam iyon? (Oo.) Mayroon ba sa inyo ang nagkikimkim ng isang pagnanais na maging Diyos? Ang sinumang gustong maging Diyos ay kokondenahin! Ang sinumang gustong maging Diyos ay mamamatay! Ito ay isang katunayan, hindi ito isang pagmamalabis o isang pagtatangka na takutin ka. Hindi ka ba naniniwala? Subukan mo. Mag-isip ka sa gayong direksyon, pagkatapos ay aksiyonan mo ito, at tingnan mo kung kaya mo itong tiisin sa loob mo, alamin kung ano ang pakiramdam sa loob. Kung sa loob mo ay nararamdaman mo ang kaluguran, pagmamalaki, at kasiyahan sa gayong mga kilos, hindi ka mabuti, at nasa panganib ka. Pero kung ang gayong paraan ng pagkilos ay nagdudulot sa iyo na magsisi, makonsensiya, mahiya nang sobra na hindi ka na makaharap sa ibang mga tao o sa Diyos, kung gayon ay mayroon ka pang kaunting konsensiya, kaunting pagkamakatwiran ng normal na pagkatao. Maraming tao ang nagnanais na maging Diyos. Nang hindi nauunawaan ang kahulugan ng pagkatawang-tao ng Diyos, nang hindi nalalaman ang tono at paraan ng pananalita ng Diyos, nang hindi naaarak ang impormasyong ito, maaaring interesado sila sa ideya

at may mga ambisyon at plano sila, pero dahil hindi nila alam kung paano magpapatuloy, hindi sila nangangahas na kumilos nang walang pakundangan. Sa pinakamalala, nagpapanggap silang espirituwal, para sila ay maligtas, maging banal, o maging karapat-dapat sa kaligtasan. Gayumpaman, kapag nakakuha sila ng impormasyon tungkol sa Diyos, nagsisimulang umusbong ang mga ambisyon nila, at nagsisimula na silang kumilos. Ano ang ginagawa nila? Isang malinaw na pagpapamalas ay na binabasa pa nila ang mas maraming malalim at di-maarok na salita na sinabi ng Diyos. Sa mga salitang ito, nagiging pamilyar sila sa saloobin, paraan, tono, at diksiyon ng pananalita ng Diyos, at pagkatapos ay sinusubukan nilang gayahin ang mga ito, pinag-aaralan nilang mabuti ang mga ito. Kung mas pamilyar sila, mas mainam iyon, hanggang sa puntong natutukoy na nila ang tono at paraan ng pananalita ng Diyos kahit na nakapikit ang mga mata nila. Taimtim nilang kinakabisado ang mga ito, at kasabay nito ay nagsasanay at nag-eensayo sila sa mga tao, ginagaya ang ganitong estilo, paraan, tono, at diksiyon sa kanilang pananalita, at pagkatapos ay malalim na dinaranas kung ang pagkilos at pagsasalita sa ganitong paraan ay nagbibigay sa kanila ng pakiramdam ng pagiging Diyos. Habang sila ay nagiging mas pamilyar at mahusay sa kanilang pagsasanay, hindi nila namamalayan na inilalagay nila ang kanilang sarili sa posisyon ng Diyos. Bigla na lang, isang araw, may magsasabi, “Ang pakiramdam at tono ng pananalita nila ay tila kahawig ng sa Diyos. Kapag kausap mo sila, pakiramdam mo ay kasama mo ang Diyos; ang mga salita nila ay katulad ng pananalita ng Diyos.” Pagkatapos na hindi sinasadyang marinig ang gayong mga komento, napupuno ng walang-hanggang kasiyahan ang puso nila, pakiramdam nila ay nakamit na nila sa wakas ang kahilingan nila, na sa wakas ay naging Diyos na sila. Hindi ba’t tapos na sila sa ngayon? Bakit pipiliin ang landas ng pagwasak kung may ibang mga landas na puwedeng tahakin? Hindi ba’t ito ay paghahanap ng kamatayan? Kahit ang pagkikimkim ng gayong mga kaisipan ay mapanganib—ang aksiyonan ang mga kaisipang ito ay lalo pang mas mapanganib. Kung hindi na makokontrol ang mga kilos ng isang tao at sumusunod siya sa direksyong ito hanggang sa wakas, determinadong magtagumpay rito at gawin itong isang realidad, kung gayon ay naging pakay na siya ng ganap na pagkawasak. Ang totoo, gumagawa at nagsusumikap ang ilang anticristo patungo sa direksyong ito. Nakakita o nakasalamuha na ba kayo ng gayong mga tao? (Noong ako ay nasa mainland Tsina, nakakilala ako ng isang taong ginagaya ang tono ng pananalita ng Diyos at madalas na kinikimkim ang kaisipang maging Diyos. Noong panahong iyon, dalawa o tatlong tao ang tumuturing sa kanya bilang Diyos, at may isang tao pa nga na lumuhod at nagpatirapa sa harap niya nang makita siya.) Kahit hanggang saan pa subukan ng isang tao na maging Diyos, walang patutunguhan ang landas na ito. Nakilatis ba ninyo ito? Ang mga pagpapahayag at pagtutustos ng lahat ng salita ng Diyos para sa sangkatauhan ay para tulungan ang mga tao na maunawaan ang mga layunin ng Diyos at sa gayon ay makamit nila ang kaligtasan. Kung ang mga tao ay nagkakamali sa paniniwala na dahil ipinahayag ng Diyos ang mga mensaheng ito ay dapat nilang pulutin mula sa mga ito ang mga detalye

ng pagiging Diyos at sa gayon ay hangarin ang pag-iral bilang Diyos, paggaya sa Diyos, at pagiging Diyos, katapusan na nila. Ito ang landas patungo sa pagkawasak; huwag mo itong tutularan kailanman. Sinasabi ng ilang tao, “Medyo mahirap na hindi gayahin ang diyos. Sa tuwing naririnig kong nagsasalita ang diyos, iniisip ko kung gaano kadakila at kagalang-galang na pakinggan ang pagsasalita mula sa pagkakakilanlan ng diyos. Bakit ito labis na kaaya-aya at nakakabighani sa pandinig? Bakit iniisip ko na tiyak na kasiya-siya ang maging diyos kapag nagsasalita ang diyos? Iba ang tunog kapag ang taong may pagkakakilanlan ng diyos ang nagsasalita.” Kaya, nang hindi nila namamalayan, nagsisimula silang gayahin ang ilan sa tono at diksiyon ng Diyos. Bagama’t, sa kanilang mga personal na pagnanais, maaaring hindi nila gustuhing umiral bilang Diyos o maging Diyos nang napakahayagan, ano ang ugat ng kanilang panggagaya? Ito ba ay dahil pinapahalagahan nila ang katotohanan at ang mga salita ng Diyos? (Hindi.) Kung gayon ay ano? (Ang ugat nito ay ang motibo ng kagustuhang maging Diyos.) Kung wala Ako ng pagkakakilanlan o katayuang ito at kung hindi Ko sinabi ang mga salitang ito, may gagaya ba sa Akin? Walang mag-aaksaya ng panahon sa Akin, walang hahanga sa Akin; hindi ba’t iyon ang katunayan? Noong wala Ako ng pagkakakilanlan at katayuang ito, nakikipag-usap at nakikipagbahaginan din Ako sa mga tao. Sino ang sumeryoso sa Akin noon? Sa sandaling nakita nila na bata pa Ako, walang mataas na pinag-aralan o mga kalipikasyon, at walang anumang katayuan sa lipunan, walang sinuman mula sa sarili Kong iglesia o sa ibang mga iglesia, wala sa mga taong gumagampan ng mga tungkulin nila at nakikisalamuha sa Akin, ang talagang sumeryoso sa Akin. Kahit na nagsalita Ako nang tama o matapat, walang pumansin sa Akin. Bakit? Kung wala kang pagkakakilanlan o katayuan, wala kang presensiya; walang halaga ang kahit anong sabihin mo, ito man ay tama o ang katotohanan. Maaari pa ngang itanggi ng mga tao ang anumang sinasabi mo, at sabihin nilang mali ang lahat ng ito. Kung gayon, may gagaya ba sa iyo? Isang napakakaraniwan at ordinaryong tao, na walang pagkakakilanlan o katayuan—sino ang mag-aaksaya ng panahon na gayahin ka? Sa paningin ng mga tao, ang gayong tao ay walang presensiya at hindi karapat-dapat na hangaan; masuwerte ka kung hindi ka nila aapihin. Ano ang magiging saysay ng panggagaya sa iyo? Gagayahin ka ba nila para lang mahamak, maapi, at madiskrimina sila ng iba? Sino ang ginagaya ng mga tao? Ginagaya nila ang mga tao na sa paningin nila ay may presensiya at kadakilaan, ang mga may katayuan at pagkakakilanlan. Sila ang ginagaya ng mga tao. Bakit pagkatapos magkaroon ng partikular na pagkakakilanlan at katayuan ang isang tao, siya ay tila nag-iiba sa paningin ng iba kapag sinasabi niya ang mga bagay na dati naman na niyang sinasabi? Paanong bigla na lang siyang nagmumukhang may presensiya at karapat-dapat na gayahin? Ano ba talaga ang ginagaya ng mga tao? Ang tinatanggap, ginagaya, at hinahangaan nila ay hindi ang katotohanan o mga positibong bagay, kundi ang panlabas na kadakilaan, ang paimbabaw na katayuan. Hindi ba’t iyon ang totoo? Kung wala Akong pagkakakilanlan o katayuan, kahit gaano pa Ako magsalita nang naaayon sa katotohanan o kahit gaano karaming espirituwal

na salita ang sabihin Ko, maipapalaganap ba sa inyo ang mga salitang iyon? Hindi; walang mag-aaksaya ng panahon dito. Pero kapag mayroon na Ako ng pagkakakilanlan at katayuan Ko, ang ilan sa mga salitang madalas Kong sinasabi, ang mga kolokyal Kong salita, ang diksiyon Ko, ang paraan at estilo Ko ng pananalita—maraming tao ang nagsisimulang gayahin ang mga ito. Nasusuklam Ako kapag naririnig Ko ito. Gaano Ako nasusuklam? Parang gusto Kong masuka kapag naririnig Ko ito. Nasusuklam Ako sa sinumang gumagaya sa Akin, nasusuka Ako sa sinumang gumagaya sa Akin, hanggang sa punto na kinokondena Ko na sila! Ano ang layunin at layon sa likod ng panggagaya ng mga tao sa mga bagay na ito? Ito ay para gayahin ang tono ng pananalita ng Diyos, para maranasan ang pakiramdam ng maging Diyos; hindi ba't iyon ang katunayan? Ito ay tungkol sa kagustuhan sa katayuan, kagustuhang magsalita mula sa isang posisyon ng katayuan, nagsasalita at kumikilos nang may tono at paraan ng isang taong may pagkakakilanlan at katayuan, para magmukha rin silang may katayuan, pagkakakilanlan, at halaga—hindi ba't iyon naman talaga ang dahilan? Kung gagayahin mo ang isang ordinaryong tao, hindi ito malaking isyu; sa pinakamalala, isa lang itong mayabang na disposisyon. Pero kung gagayahin mo ang tono at paraan ng pananalita ng Diyos, doon nagsisimula ang problema. Hayaan mong sabihin Ko sa iyo, tumatapak ka sa isang bomba.

Sa mga salita ng Diyos, mayroong isang parirala: Ang Diyos ay isang Diyos na kinapopootan ang kasamaan. Ano ang tinutukoy ng “napopoot sa kasamaan”? Natatangi ang pagkakakilanlan at katayuan ng Diyos. Ang kabanalan, katuwiran, awtoridad, at pagmamahal ng Diyos ay hindi tinataglay ng anumang nilikha o di-nilikha; kalapastanganan ang subukang gayahin ang mga ito. Dahil hindi mo taglay ang mga katangiang ito, bakit mo susubukang gayahin ang mga ito? Dahil hindi mo taglay ang mga ito, bakit mo susubukang maging Diyos? Sa panggagaya, hindi ba't kinikimkim mo ang layuning maging Diyos, na maging Diyos? O ito ba ay dahil hinahangaan mo ang Diyos, dahil naiinggit ka sa Kanyang pagiging kaibig-ibig at sa Kanyang diwa, kaya ginagaya mo Siya? Siyempre hindi; wala ka ng katangian at tayog para dito. Gusto mo lang matugunan ang isang paghahangad na maging Diyos, para makamit ang paghanga at respeto ng mga tao, at para maranasan mo ang matrato bilang Diyos ng mga tao. Hindi ba't kahiya-hiya ito? Ganap itong kahiya-hiya! Ang mismong panggagaya ay kasuklam-suklam na, at ang pagnanais na maging Diyos ay hindi lang nakakadiri; nararapat din itong kondenahin. Samakatwid, ngayon ay taimtim Kong sinasabi sa inyo na kahit ano pa ang sinabi Ko, kahit ano pa ang ginawa Ko, kahit ano pa ang sabihin o gawin Ko na nakakapukaw ng pagpipitagan, inggit, o selos sa puso ninyo, may isang bagay na dapat ninyong tandaan: Huwag ninyo Akong gayahin kailanman. Dapat ninyong bitiwang layunin na manggaya, dapat kayong maghimagsik laban sa mentalidad ng panggagaya, at iwasan ninyong salungatin ang disposisyon ng Diyos. Isa itong seryosong usapin! Kasuklam-suklam sa Diyos ang isang tiwaling tao na hindi rumerespeto sa tono ng pananalita, paraan ng pananalita, at disposisyon ng Diyos, at ginagamit ang mga ito para sa basta-bastang pambobola at pagmamaniplula. Kung ginagawa mo ito, sinasalungat mo ang disposisyon

ng Diyos—huwag mong gawin ito kailanman! Kahit na hindi Ko marinig na ginagaya mo ang paraan at tono ng pananalita ng Diyos na nagkatawang-tao, ang malaman Ko lang na mayroon kang gayong disposisyon at mga kaisipan ay lubos nang nakakasuklam sa Akin. Kung gagayahin mo ang tono ng Espiritu ng Diyos, na may layuning kausapin ang buong sangkatauhan o ang publiko, hindi ba't hinahanap mo ang kamatayan? Dapat maging mapagbantay ang lahat sa bagay na ito; huwag mong gawin ito kailanman! Noon, may ilang taong nagtatanong, “Ano ang ibig sabihin ng pagsalungat sa disposisyon ng Diyos?” Ngayon, sasabihin Ko sa iyo ang isang bagay: Ang panggagaya sa tono at paraan ng pananalita ng Diyos, pati na rin ang isang serye ng mga bagay na may kinalaman sa pagkakakilanlan at katayuan ng Diyos, panlabas man o panloob, ay pawang maituturing na pagkakasala sa disposisyon ng Diyos. Dapat ninyong tandaan ito nang lubusan at huwag kailanman gawin ang pagkakasala na ito! Kung nagawa mo nga ang pagkakasala na ito at kaya mong agad na itama, paghimagsikan, at baguhin ang iyong sarili, may pag-asa pa. Gayumpaman, kung magpapatuloy ka sa landas na ito, ilalarawan kang isang anticristo, at hayaan mong sabihin Ko sa iyo ang katotohanan: Sa mga mata ng Diyos, wala nang pagkakataon para magbago pa sa oras na iyon—ganap na katapusan mo na. Tandaan, ang Diyos ay isang Diyos na kinapopootan ang kasamaan. Lubos na dapat mong tratuhin nang may pag-iingat ang bawat aspektong may kinalaman sa pagkakakilanlan at diwa ng Diyos at huwag mo itong balewalain. Kung ang paraan at tono ng pananalita ng Diyos ay ipapahayag mula sa bibig ng isang tiwaling tao, ito ay isang malaking paninirang-puri at paglapastangan sa Diyos, isang bagay na hinding-hindi palalampasin ng Diyos. Hindi kailanman dapat gawin ng mga tao ang pagkakasala na ito. Nauunawaan mo ba? Kung gagawin mo ito, mamamatay ka! Kung hindi ka makikinig at maniniwala sa Akin, subukan mo ito, at kapag talagang nagdulot ka ng kapahamakan sa iyong sarili, huwag mo Akong sisihin na hindi Ko ito sinabi sa iyo.

Agosto 15, 2020

Ikasampung Aytem: Hinahamak Nila ang Katotohanan, Lantarang Nilalabag ang mga Prinsipyo, at Binabalewala ang mga Pagsasaayos ng Sambahayan ng Diyos (Ikaanim na Bahagi)

III. Hinahamak ang mga Salita ng Diyos

Ipagpapatuloy natin ngayon ang pagbabahaginan tungkol sa ikasampung aytem ng iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo: "Hinahamak nila ang katotohanan, lantarang nilalabag ang mga prinsipyo, at binabalewala ang mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos," na tumututok sa ikatlong bahagi, na hinahamak nila ang mga salita ng Diyos. Sa huling pagtitipon, nagbahaginan tayo tungkol sa dalawang aspekto ng bahaging ito. Ano ang dalawang iyon? (Ang una ay na arbitraryong binabaluktot at binibigyang-kahulugan ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos. Ang isa pa ay na itinatatwa ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos kapag hindi umaayon ang mga ito sa kanilang mga kuru-kuro.) Ang dalawang aspekto ay may kinalaman sa paghamak ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos. Malinaw na makikita sa maraming paraan ang paghamak ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos; konektado ito sa diwa nila, sa saloobin nila sa Diyos, at sa kung paano nila tinatrato ang lahat ng aspektong may kaugnayan sa Diyos. Ang mga salita ng Diyos ay sumasaklaw sa maraming nilalaman, kaya ang paghamak ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos ay hindi isang simpleng saloobin na mayroon sila sa Kanyang mga salita. Maraming aspekto ang mga dahilan ng kanilang paghamak sa Kanyang mga salita, hindi lang iisa. Sa huling pagtitipon, nagbahaginan tayo tungkol sa dalawang partikular na pagpapamalas ng kung paano hinahamak ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos. Ngayon, magbabahaginan tayo tungkol sa isa pang pagpapamalas.

C. Naniniktik ang mga Anticristo Kung Natutupad Ba ang mga Salita ng Diyos

Hinahamak ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos—mayroon ba silang tunay na pananampalataya sa sinasabi ng Diyos, sa lahat ng nilalaman na sinabi ng Diyos? (Wala.) May aktuwal na ebidensiya nito. Hindi sila tunay na nananampalataya, kaya ano ang kanilang saloobin sa kung tumutugma ba sa realidad ang lahat ng salita ng Diyos, kung magkakatotoo ba ang mga ito, o kung totoo ba ang mga ito? Tunay ba silang nananampalataya, o nagdududa ba sila at atubiling nagmamasid sa kanilang puso? Mariin silang nagdududa at atubiling nagmamasid sa kanilang puso. Ngayon, magbabahaginan tayo tungkol sa pagpapamalas na ito ng mga anticristo: Tinitiktikan nila kung natutupad ba ang mga salita ng Diyos. Ano ang ibig sabihin ng "tinitiktikan"? Bakit ginagamit ang salitang "tinitiktikan"? (O Diyos, ang paniniktik ay nangangahulugan ng lihim na

pagmamasid, paninilip.) Ang paliwanag na ito ay tama sa kabuuan. Nauunawaan ng lahat ngayon ang kahulugan ng “tinitiktikan”; ito ay ang manood at atubiling magmasid nang palihim, tumingin nang patago nang hindi napapansin ng iba, kumilos sa dilim, hindi nang hayagan o hinahayaan ang iba na makakita; maliit na taktika ito. Malinaw na ang taong gumagawa ng taktikang ito ay hindi gumagawa nito nang hayagan kundi nang palihim. Kaya, mula sa mga pagpapamalas at paliwanag na ito, anong uri ng pag-uugali ito kapag tinitiktikan ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos? (Paghamak sa katotohanan.) Ano ang nagpapatunay na ito ay paghamak sa katotohanan? Bakit hindi na lang basahin ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos nang matapat, makatarungan, at hayagan? Bakit sila naniniktik? Talaga bang isang uri ng kilos ang paniniktik? Mula sa paliwanag nito, malinaw na hindi isang bagay na ginagawa nang lantaran ang paniniktik; hindi ito isang bagay na makikilatis mula sa panlabas na mga anyo, ekspresyon, o kilos. Sa halip, nakakubli ang lahat ng kaisipang ito, nakatago sa puso, hindi nakikita ng iba, at mahirap tukuyin kung ano ang iniisip nila batay sa kanilang mga ekspresyon at mga kilos—ito ay tinatawag na paniniktik. Isa itong saloobin sa mga salita ng Diyos na hindi puwedeng lumitaw nang hayagan; malinaw na isa itong maling saloobin. Isa itong saloobin ng pagtrato sa mga salita ng Diyos mula sa perspektiba ng isang ikatlong partido, mula sa isang mapanlaban na pananaw, mula sa pananaw ng may pag-aatubiling pagmamasid, pagsisiyasat, pagdududa, at paglaban. Mula sa mga pag-uugaling ito, masasabi ba na ang paniniktik ng mga anticristo sa kung matutupad ba ang mga salita ng Diyos ay isang pagpapamalas ng paghamak sa mga salita ng Diyos na seryoso sa kalikasan? (Oo.) Ang paniniktik ng mga anticristo sa kung matutupad ba ang mga salita ng Diyos ay sumasalamin sa kanilang disposisyon at tunay na saloobin sa mga salita ng Diyos, na nabubunyag sa kanilang puso, mga kaisipan, at mga lihim na opinyon.

Alin sa mga salita ng Diyos ang tinitiktikan ng mga anticristo? Sa kanilang pananaw, alin sa mga salita ng Diyos ang karapat-dapat sa kanilang palihim at malalim na pagsisiyasat at pagsusuri? Ibig sabihin, sa aling partikular na mga nilalaman na sinabi ng Diyos ang partikular silang interesado, habang madalas na pinagdududahan at pinagmamasdan ang mga ito nang may pag-aatubili sa kanilang puso? Alin sa mga salita ng Diyos ang pinaniniwalaan ng mga anticristo na karapat-dapat pag-ukulan ng oras at enerhiya sa paniniktik sa kanilang puso? (Ang ilan sa mga propesiya, mga misteryo, at mga salita ng Diyos na may kinalaman sa kinabukasan, tadhana, at hantungan ng mga tao.) Mga propesiya, hantungan, misteryo—ito ang mga bagay na inaalala ng karamihan sa mga tao at ang lalong hindi kailanman mabitiwan ng mga anticristo sa kaibuturan ng kanilang puso. Sa partikular, alin sa mga salita ng Diyos ang mas inaalala ng mga anticristo at madalas nilang tinitiktikan sa kanilang puso? Dahil may kinalaman ito sa kung matutupad ba ang mga salitang ito, sa kung maisasakatuparan ba ang mga ito, sa kung makikita ba nila ang aktuwal na katuparan ng mga ito bilang katunayan, ang inaalala ng mga anticristo ay tiyak na ang mga ipinangako ng Diyos sa sangkatauhan, tama ba? (Tama.) Gayundin, ang mga salitang may kinalaman sa pagsumpa at pagparusa ng

Diyos sa mga tao, pagparusa sa masasamang tao, pagparusa sa lahat ng kumontra sa mga salita ng Diyos. At nariyan din ang mga propesiya ng mga kalamidad—hindi ba't bahagi rin ito ng inaalala ng mga anticristo? (Oo.) Ano pa? (Ang mga salita tungkol sa kung kailan aalis ang Diyos sa lupa.) Kung kailan aalis ang Diyos sa lupa, kung kailan luluwalhatiin ang Diyos, kung kailan matatapos ang dakilang gawain ng Diyos, kung kailan wawakasan ng Diyos ang sangkatauhang ito, tama ba? (Tama.) Ilan lahat ang mga aytem na ito? (Apat.) Ang una ay ang mga salita ng Diyos ng mga pangako at mga pagpapala sa tao. Ang ikalawa ay ang mga salita ng Diyos ng pagsumpa at pagparusa sa tao. Ang ikatlo ay ang mga salita ng Diyos na nagpopropesiya ng mga kalamidad. Ang ikaapat ay ang mga salita ng Diyos kung kailan Niya lilisanin ang mundo at kailan matatapos ang Kanyang dakilang gawain. At mayroon pang isa, ang pinakamahalagang aytem, isang kategorya ng mga salita ng Diyos na gustong-gustong tiktikan ng mga anticristo, at iyon ay ang mga salita ng Diyos tungkol sa Kanyang disposisyon, Kanyang pagkakakilanlan, at Kanyang diwa. Bakit idadagdag ang panghuling aytem na ito? Hindi naniniwala ang mga anticristo na matutupad ang mga salita ng Diyos; madalas nilang tiktikan ang mga salita ng Diyos, kaya ano ang pangunahing pumupukaw sa kanilang pagdududa, na humahantong sa kanilang paniniktik sa mga salita ng Diyos? Pangunahin nilang hindi pinaniniwalaan ang Diyos. Likas na mga hindi mananampalataya ang mga anticristo, mga diyablo sila; pinagdududahan nila ang pag-iral ng Diyos, hindi sila naniniwala na may Diyos sa mundong ito, hindi naniniwala sa pag-iral ng Diyos, o sa lahat ng ginagawa ng Diyos. Kaya, ganap silang nagdududa sa disposisyon, pagkakakilanlan, at diwa ng Diyos. Dahil sa kanilang pagdududa, ano ang gagawin nila? Kung nagagawa nilang pagdudahan ang pagkakakilanlan at diwa ng Diyos, kung gayon, pagdating sa mga salitang may kinalaman sa disposisyon, pagkakakilanlan, at diwa ng Diyos, babasahin lang ba nila ang mga ito nang walang kamalayan o reaksiyon? Magagawa ba nilang matatag na paniwalaan at tanggapin ang mga salitang ito? (Hindi.) Halimbawa, kung palaging pinaghihinalaan ng isang tao na ampon siya, kaya ba niyang paniwalaan na ang kanyang mga magulang ang tunay niyang magulang? Kaya ba niyang paniwalaan na taos ang pagmamahal, proteksiyon, at ang lahat ng sakripisyong ginawa ng kanyang mga magulang para sa kanyang kinabukasan? (Hindi.) Kapag nagdududa at hindi siya naniniwala sa lahat ng ito, hindi ba't gagawa siya ng ilang bagay nang palihim? Halimbawa, minsan ay maaaring makinig siya nang palihim sa mga pag-uusap ng kanyang mga magulang para malaman kung pinag-uusapan ng mga ito ang kanyang pinagmulan. Karaniwan din siyang magmamasid nang mabuti at palaging magtatanong sa kanyang mga magulang tungkol sa kung saan siya ipinanganak, sino ang nagpaanak sa nanay niya, at kung ano ang timbang niya noong ipinanganak siya—palagi siyang magtatanong tungkol sa mga bagay na ito. Kung papaluin o didisiplinahin siya ng kanyang mga magulang, mas titindi pa ang kanyang mga paghihinala. Kahit ano ang gawin ng mga magulang niya, palagi siyang magiging mapagmatyag at magdududa. Kahit gaano kabuti ang pagtrato sa kanya ng kanyang mga magulang, hindi niya mabitiwan ang

pagiging maingat sa puso niya. Kaya, hindi ba't nagaganap nang palihim ang lahat ng pagkamaingat na ito, ang lahat ng panloob na aktibidad, kaisipan, at saloobing ito? Sa sandaling pagdudahan niya kung ang kanyang mga magulang ang tunay niyang mga magulang, tiyak na gagawa siya ng ilang bagay nang walang nakakakita. Samakatwid, sapagkat ang diwa ng mga anticristo ay tulad ng sa mga hindi mananampalataya, tiyak na hindi nila pinaniniwalaan, inaamin, o tinatanggap ang disposisyon, pagkakakilanlan, at diwa ng Diyos. Sa ganitong saloobin ng hindi paniniwala, hindi pag-amin, at hindi pagtanggap, talaga bang pinaniniwalaan at tinatanggap nila sa kanilang puso ang mga salitang may kinalaman sa disposisyon, pagkakakilanlan, at diwa ng Diyos? Tiyak na hindi. Hangga't may kinalaman ito sa mga salita tungkol sa disposisyon, pagkakakilanlan, at diwa ng Diyos, nagkikimkim sila ng pagdududa, pagkontra, at atubiling pagmamasid sa kanilang puso. Huwag muna nating idetalye ang aspektong ito sa ngayon.

Ang limang pagpapamalas ng paniniktik ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos na katatalakay pa lang ay halos komprehensibo at tipikal. Tinitiktikan ng mga anticristo ang partikular na nilalaman at pokus ng mga salita ng Diyos. Tungkol naman sa maraming salita na kaugnay sa buhay pagpasok, mga salitang ginagamit ng Diyos para bigyang-ginhawa ang mga tao, ipaliwanag ang ilang misteryo, o ilantad ang tiwaling disposisyon ng tao, at iba pa, may pakialam ba ang mga anticristo sa mga salitang ito? (Wala.) Para sa kanila, walang halaga ang mga salitang ito. Bakit? Dahil hindi mahal ng mga anticristo ang katotohanan, hindi sila naniniwala na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan, at hindi nila nilalayong tanggapin ang paghatol at pagkastigo ng Diyos o ang pagliligtas ng Diyos. Wala silang gayong mga plano, kaya itinuturing nila ang mga salitang may kaugnayan sa mga pagbabago ng disposisyon ng tao at buhay pagpasok bilang hindi mahalaga, hindi sulit basahin, pag-isipan, o isapuso. Hindi sila interesado sa mga salitang ito. Iniisip nila, “Ano ba ang kinalaman ng mga salitang iyon sa kinabukasan at tadhana namin? Ano ang kinalaman ng mga iyon sa aming hantungan? Ang mga salitang iyon ay tungkol sa maliliit na usapin, hindi sulit basahin o pakinggan. Kung talagang nababahala ang isang tao, kung walang ibang magagamit na solusyon, puwede namang pansamantala niyang basahin ang mga salitang iyon para punan ang kahungkagan sa puso, o para malampasan ang ilang napakahirap na balakid at lutasin ang ilang mahirap na suliranin—iyon lang. Ang sabihing makapagbabago ng disposisyon ng isang tao ang mga salitang iyon, paanong ganoon lang ito kasimple?” Pundamental na wala silang layunin na baguhin ang kanilang disposisyon, walang plano na tanggapin ang mga salita ng Diyos bilang ang buhay, ang daan, o ang katotohanan. Ang kanilang kinabukasan at hantungan ang nais nila, pati na kapangyarihan. Kaya, hindi nila sineseryoso ang gayong mga salita, ni isinasapuso ang mga ito. Ang implikasyon, mula sa perspektiba ng mga anticristo, ay na sadyang hindi sulit sa kanilang pagsisiyasat ang mga salitang ito, at lalong hindi sulit sa kanilang oras na suriin at imbestigahan kung ang mga ito ang katotohanan o kung kaya bang baguhin ng mga ito ang mga tao. Para sa mga anticristo, anumang salitang may kaugnayan sa kanilang tadhana at hantungan, sa kanilang sariling pagkakakilanlan,

katayuan, sa lahat ng kanilang personal na interes, at iba pa, ay may kabuluhan—ang mga ito ang pinakamahalaga. Sinasabi ng ilang tao: “Dahil para sa mga anticristo ay napakahalaga ng mga bahaging ito ng mga salita ng Diyos at lubos nilang binibigyang-pansin ang mga ito, paano masasabi na tinitiktikan nila ang mga salita ng Diyos? Hindi ba’t medyo maling akusasyon ito? Hindi ba’t medyo malayo na ito at hindi masyadong angkop?” (Hindi. Hindi naniniwala ang mga anticristo na tiyak na matutupad at maisasakatuparan ang mga salita ng Diyos, hindi sila naniniwala na seryoso ang Diyos sa Kanyang sinasabi, at na talagang mangyayari ang Kanyang sinasabi. Hindi nila binabasa ang mga salita ng Diyos nang may mentalidad ng pananampalataya at pagkilala, kundi nagmamasid sila kung matutupad nga ba ang mga salita ng Diyos.) Ganito ba ang nangyayari? (Oo.) Pinahahalagahan ng mga anticristo ang mga salitang ito dahil maaaring matugunan ng mga ito ang mga pagnanais nila. Bukod dito, kung maisasakatuparan ang mga salitang ito, matutugunan nito ang mga ambisyon nila. Kung maaarok nila ang mga salitang ito at panghahawakan ang mga ito, kung gayon, kapag natupad na ang mga salitang ito, tama ang naging pagpusta nila, at tamang hakbang ang pagsunod nila sa Diyos. Gayumpaman, ang kanilang pagpapahalaga sa mga salitang ito ay hindi nangangahulugan na matatanggap nila ang mga ito bilang ang katotohanan sa kaibuturan nila, bilang nagmumula sa Diyos, ni hindi rin masasabi na tinatanggap nila ang mga salitang ito sa kanilang puso bilang mga salita ng Diyos. Sa kabaligtaran, habang pinahahalagahan nila ang mga salitang ito, pinagdududahan nila ang mga ito sa kanilang puso, nagmamasid lamang sila nang may pag-aatubili. Maaari ding sabihin na ang mga salitang ito ay puwedeng maging ebidensiya at bentaha para sa kanila na itatwa ang Diyos at itatwa ang yugtong ito ng gawain ng Diyos sa anumang sandali, sa anumang oras at lugar. Palagi silang nagmamasid at matiyagang sumusubaybay para makita kung ang mga salitang ito ay nagkakatatotoo at naisasakatuparan sa bawat hakbang ng gawain ng Diyos at sa bawat panahon na inaakay ng Diyos ang mga tao. Malinaw na palaging nakatuon ang mga anticristo sa kung matutupad ba ang mga salita ng Diyos. Sa panahong ito, hindi kailanman nagbago ang kanilang saloobin ng pagkamapanlaban sa Diyos, paglaban sa Diyos, at pagsisiyasat at pagsusuri sa Diyos. Sila ay mapanlaban sa Diyos at sinisiyasat nila ang Diyos, palaging tinitiktikan ang bawat kilos at salita ng Diyos sa kanilang puso; kasabay nito, sinusubukan din nilang kondenahin ang Diyos at ang gawain ng Diyos. Hindi ba’t isa itong tuloy-tuloy na pagpapamalas ng paglaban ng mga anticristo sa Diyos? (Oo.) Mula sa mga pagpapamalas na ito ng mga anticristo, mayroon bang anumang pahiwatig ng pagtanggap sa mga salita ng Diyos? Anumang pahiwatig ng pagpapasakop? Anumang pahiwatig ng pagtrato sa Diyos bilang Diyos? (Wala.) Susunod, isa-isa nating pagbabahaginan ang mga aytem na ito.

1. Paniniktik sa mga Salita ng mga Pangako at mga Pagpapala ng Diyos sa Tao

Ang unang aytem ay na tinitiktikan ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos ng mga pangako at mga pagpapala. Mula nang simulan ng Diyos ang Kanyang gawain at

nagsalita Siya, marami Siyang sinabi sa sangkatauhan, sa Kanyang hinirang na mga tao, at sa mga nakikinig sa Kanyang mga salita tungkol sa kung anong mga pagpapala at biyaya ang ipagkakaloob Niya sa mga tao, kung anong mga pagpapala ang ipinapangako Niya sa mga tao, at iba pa. Sa iba't ibang panahon, okasyon, o konteksto, sinasabi ng Diyos sa Kanyang mga tagasunod ang tungkol sa mga pagpapala at pangako, ipinapaalam sa kanila na kung matutupad nila ang ilang bagay, pagpapalain sila ng Diyos sa mga partikular na paraan, at makakatanggap sila ng ilang pagpapala at pangako, at iba pa. Hindi mahalaga kung anong panahon sinabi ng Diyos ang mga salitang ito o kung kanino man ipinangako ng Diyos ang mga ito, sinabi ang mga salitang ito sa ilalim ng ilang partikular na konteksto at sa isang partikular na kapaligiran. Higit pa rito, ang mga pangako at pagpapala na ipinagkakaloob ng Diyos sa mga tao ay may kaugnayan sa kanilang mga positibong pagpapamalas, tulad ng paghahangad sa katotohanan, pagbabago sa disposisyon, at tunay na pagpapasakop sa Diyos. Ipinapahiwatig na may kondisyon ang mga pangako at pagpapala ng Diyos sa mga tao. Hindi ang mga tao ang may huling salita sa mga kondisyong ito, at hindi rin natutukoy ang mga ito ayon sa mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao; sa halip, natutukoy ang mga ito ayon sa mga pamantayan at mga hinihingi ng Diyos, na may sangkot na ilang prinsipyo at tuntunin. Tungkol sa kung paano natutupad, nagkakatotoo, at naisasakatuparan ang mga salita ng Diyos sa iba't ibang tao, tiyak na hindi ito basta-bastang ginagawa ng Diyos—sa halip, may batayan ito. Ang parehong gawa na ginawa ng iba't ibang tao ay maaaring magresulta sa iba't ibang pagtrato mula sa Diyos. Halimbawa, maaaring may dalawang tao na namumuno sa tig-iisang iglesia; ang isa ay madalas na tumatanggap ng kaliwanagan at pagtanglaw at madalas na nagtitiis ng pagdidisiplina, na nagreresulta sa mabilis na paglago sa tayog. Sa kabaligtaran, ang pangalawa ay maaaring medyo manhid at mabagal tumugon, na nagreresulta sa mas mabagal na pag-usad. Mula sa perspektiba ng tao, ang dalawang taong ito na gumagawa ng parehong gawain at nagpapakita ng magkatulad na pag-uugali ay dapat makatanggap ng parehong pagpapala at pagtrato mula sa Diyos. Gayumpaman, pagdating sa buhay pagpasok na kanilang nararanasan at nakakamit sa paggawa ng kanilang mga tungkulin at sa kanilang buhay, o sa panlabas na biyayang natatanggap nila, magkakaroon ng mga tiyak na pagkakaiba. Ang mga “tiyak na pagkakaiba” na ito ay, siyempre, hindi di-maiiwasan. Kaya, paano inilalaan ng Diyos ang mga diumano'y pagpapala at iba't ibang pagtrato, o kaliwanagan, pagtanglaw, at iba pang mga pakinabang na natatanggap ng mga tao mula sa Diyos? May iba't ibang paraan ang Diyos sa pakikitungo sa iba't ibang tao. Ang ilang tao ay tamad, banidoso, mahilig makipagkompetensiya, at mainggitin, at habang handa silang gumugol ng sarili at magtiis ng ilang paghihirap sa panlabas, sadyang hindi nila kayang tanggapin o isagawa ang katotohanan. Sa kabilang banda, ang ilang tao ay masipag; kahit na mayroon silang parehong mga tiwaling disposisyon, medyo matapat at mapagpakumbaba sila. Kaya nilang tanggapin ang katotohanan at tanggapin ang pagpupungos. Taimtim nilang tinatanggap at nauunawaan ang lahat ng sinasabi ng Diyos at ang bawat kapaligiran na

inihahanda ng Diyos para sa kanila, habang tinatrato rin ito nang taimtim. Kaya, sa panlabas, maaaring pareho ang gawain at ang dami ng gawain na ginagawa ng dalawang tao, pero magkakaloob ang Diyos ng iba't ibang pagpapala at iba't ibang kaliwanagan at pagtanglaw batay sa kanilang iba't ibang disposisyon at mga paghahangad. Sa panlabas, ang taong tumatanggap ng kaliwanagan at pagtanglaw ay maaaring mas magdusa pa at madalas na magtiis ng pagdidisiplina, pero mas malaki rin ang makakamit nila. Sa kabaligtaran, nahaharap sa mas kaunting pagdidisiplina ang taong manhid at mapurol ang isip, nagdurusa siya nang mas kaunti, kaya mas mabagal ang kanyang paglago sa buhay at mas kaunti ang kanyang nakakamit. Sa kaibuturan, sino ang tunay na tumatanggap ng mga pagpapala at pangako ng Diyos? (Ang taong mas nagdurusa at madalas tumatanggap ng pagdidisiplina.) Maaaring tila nadidisciplina ang taong tumatanggap ng mga pangako at pagpapala ng Diyos, madalas na nahaharap sa mga dagok, nagbubunyag ng katiwalian, at nalalantad, pero madalas nilang natatanggap ang kaliwanagan at pagtanglaw ng Diyos. Sa kabilang banda, namumuhay nang komportable, masaya, at malaya ang taong hindi nadidisciplina. Kapag tamad sila, hindi sila nadidisciplina; kapag naiinggit sila, hindi sila nadidisciplina; kapag iresponsable sila sa kanilang gawain, hindi sila nadidisciplina—nagpapakasasa pa nga sila sa mga pakinabang ng katayuan at namumuhay nang kontento. Sino ang gusto ng mga taong may espirituwal na pang-unawa, na dalisay na nakakaarok sa mga bagay-bagay, at nagmamahal sa mga positibong bagay? Gusto nila ang taong nagtitiis ng pagdidisciplina, madalas na nahaharap sa mga dagok, at nakatanggap ng kaliwanagan at pagtanglaw; itinuturing nila ang gayong tao na tunay na pinagpapala ng Diyos. Nagnanais na maging ganoong uri ng tao ang mga taong naghahangad sa katotohanan. Handa silang palaging mamuhay sa harap ng Diyos, kahit na nangangahulugan ito ng madalas na pagtanggap ng pagdidisciplina at pagtutuwid ng Diyos. Naniniwala sila na ito ay pagpapala ng Diyos at tunay na pangako ng Diyos. Ang pagkakaroon ng mga karanasan at mga pakinabang na ito ay nagpapatunay sa pag-iral ng mga pagpapala at pangako na sinabi ng Diyos. Pero paano ito tinitingnan ng mga anticristo? Hindi sinusukat ng mga anticristo ang mga pangako at pagpapala ng Diyos batay sa kung gaano karaming katotohanan ang nauunawaan ng isang tao, kung gaano karaming katotohanan ang kanyang nakamit, o kung gaano karaming positibong pakinabang ang kanyang natanggap. Sa halip, sinusukat nila kung gaano karami ang nakamit batay sa perspektiba ng mga pakinabang ng laman at ng mga materyal na interes. Sino sa palagay ninyo ang kinaiiinggitan ng mga anticristo? (Ang taong hindi nagtitiis ng pagdidisciplina.) Kinaiiinggitan ng mga anticristo ang taong tamad at hindi tapat, na hindi nahaharap sa anumang pagdidisciplina at nagtatamasa sa mga pakinabang ng katayuan. Na kinaiiinggitan ng mga anticristo ang gayong mga indibidwal ay nagpapatunay na may problema sa paraan ng kanilang pagtingin sa mga bagay-bagay; natutukoy ito ng kanilang kalikasang diwa.

Paano tinitiktikan ng mga anticristo kung natutupad ang mga salita ng Diyos ng mga pangako at pagpapala sa tao? Kapag isinasaad ng mga salita ng Diyos kung sino ang

Kanyang pinagpapala, sino ang tumatanggap ng Kanyang mga pangako, at sino ang puwedeng tumanggap ng mga pangako mula sa Diyos, paano ito pinagmamasdan ng mga anticristo? Sinasabi nila, “Ang mga taong nagbabayad ng halaga para sa diyos ay tumatanggap ng kaliwanagan at pagtanglaw, mayroon silang pagdidisiplina at patnubay ng diyos, at itinuturing na iyon na pagtanggap ng mga pagpapala? Pagpapala ng diyos ang madisiplina? Tanging mga hangal ang mag-iisip nang ganoon! Hindi ba’t kawalan iyon? Hindi ba’t nakakasira iyon sa reputasyon ng isang tao? At tinatawag pa iyon na pagpapala ng diyos? Ganoon ba natutupad at naisasakatuparan ang mga salita ng diyos? Kung ganoon nga, ayaw kong maging gayong klase ng tao, ayaw kong maghangad ng pagdurusa at magbayad ng halaga. Hindi ko tinatanggap ang ganitong paraan ng paggawa ng diyos; anong klaseng katotohanan ito? Paano iyon maituturing na pagliligtas sa mga tao?” Lumilitaw ang pagkontra sa kanilang puso; hindi nila tinatanggap ang pagpapala at pag-akay ng Diyos sa ganitong paraan, hindi nila tinatanggap ang pagkakaloob ng Diyos ng buhay sa mga tao sa ganitong paraan, at hindi nila tinatanggap na ginagawa ng Diyos ang katotohanan sa mga tao sa ganitong paraan. Siyempre, maaari din na may mga tao sa paligid ng mga anticristo na, mula nang manampalataya sa Diyos, ay nagkaroon na ng matagumpay na negosyo, kumita ng mas maraming pera, nakabili ng mga sasakyan at bahay, at bumuti ang kanilang materyal na buhay, naging mayaman. Nang makita ito, iniisip ng mga anticristo, “Pagkatapos manampalataya sa diyos, natanggap nila ang mga pagpapala at natamasa ang biyaya ng diyos. Mula sa mga katunayang ito, tila naisakatuparan sa gayong mga tao ang mga pangako at pagpapala ng diyos sa tao; natupad ang mga salita ng diyos. Tila may awtoridad nga ang mga salita ng diyos; tama ang pagtanggap sa yugtong ito ng gawain ng diyos, at makakatanggap ng malalaking pagpapala ang isang tao, magiging maayos ang takbo ng lahat ng bagay, at makakatanggap ng biyaya mula sa diyos ang isang tao.” Pagkatapos masaksihan ang gayong mga katunayan, sa puso nila, pansamantalang may kaunting pagkilala at paniniwala ang mga anticristo sa mga pangako at pagpapala ng Diyos. Siyempre, ang pagkilala at paniniwalang ito ay dapat na may kasamang pahayag sa loob ng mga panaklong na nagsasabing “nangangailangan ng karagdagang beripikasyon.” Sa kanilang pang-araw-araw na buhay, patuloy na pinagmamasdan at kinokolekta ng mga anticristo ang iba’t ibang ebidensiya para beripikahin na natutupad at nagkakatotoo ang mga pagpapala at pangako ng Diyos sa maraming tao. Habang nagmamasid, nangangalap ng ebidensiyang ito ang mga anticristong ito, sinusubukang tingnan kung sino ang nakatanggap ng mga pagpapala at pangako ng Diyos, kung ano ang nagawa ng mga taong ito, ang kanilang mga saloobin sa Diyos, paano nila sinusunod ang Diyos, at ang kanilang mga pananaw. Siyempre, sa panahong ito ng patuloy na pagmamasid at pangangalap ng ebidensiya, tinatangka rin ng mga anticristo na gayahin ang pag-uugali, mga kilos, at mga pananaw ng mga nakatanggap ng mga pagpapala at pangako ng Diyos. Kung sila mismo ay makatanggap ng ilang materyal na pagpapala, pagtrato, at kasiyahan, sumasang-ayon sila sa loob-loob nila: “Hindi mga

walang-kabuluhang salita ang mga pagpapala at pangako ng diyos; puwedeng maisakatuparan ang mga ito. Tila diyos nga ang diyos na ito, talagang may kakayahan siya. Kaya niyang magkaloob ng mga pagpapala at pangako sa mga tao, magdala ng ilang pakinabang, at tugunan ang ilang pangangailangan nila sa partikular na mga interes. Tila dapat patuloy ko siyang paniwalaan at sundin; hindi ako dapat mahuli o magpabaya.” Mula simula hanggang katapusan, atubiling nagmamasid ang mga anticristo. Pero may nakakapansin ba kapag ginagawa nila ito? Nagmamasid ba sila nang may pag-aatubili sa harapan ng lahat, sinasabi sa lahat na, “Hindi ako naniniwala sa mga pagpapala at pangakong ito ng diyos”? (Hindi.) Sa panlabas, hindi mo mapapansin. Nakikita mo sila na kahanay ng lahat, tinatalikuran ang kanilang mga trabaho, buhay may-asawa, pamilya, at iba pa, at ginagawa rin ang kanilang mga tungkulin kasama ng lahat, gumigising nang maaga at natutulog nang dis-oras ng gabi, nagtitiis ng hirap at nagbabayad ng halaga. Hindi sila nagsasalita ng mga salitang nagdudulot ng kaguluhan o ng mga negatibong salita, hindi nagpapahayag ng mga paghatol, hindi gumagawa ng masasamang bagay, at hindi nagdudulot ng kaguluhan. Gayumpaman, may isang bagay pa rin: Kahit gaano man sila kumilos nang patago sa panlabas, ang kanilang mga panloob na pananaw at kaisipan ang nangingibabaw at nag-iimpluwensiya sa kanilang pag-uugali. Sa kaibuturan, hindi maitatago sa Diyos ang kanilang atubiling pagmamasid at paniniktik sa mga salita ng Diyos. Kaya, anong mga aspekto ng mga anticristo ang puwedeng itago mula sa mga tao pero hindi sa Diyos? Nakikita lamang ng mga tao ang pag-uugali ng iba, nakikita lamang nila ang ibinubunyag ng iba—ang Diyos, sa kabilang banda, ay hindi lamang tinitingnan ang mga ito kundi, higit sa lahat, pinagmamasdan Niya ang puso at mga kaloob-loobang kaisipan ng mga tao. Ang mga pag-uugali at pagbubunyag ng isang tao ay medyo paimbabaw, pero ang kaibuturan ng puso ng isang tao ay isang di-napapansing dako, kung saan nakatago ang kanilang mas malalalim na kaisipan at ang maraming elemento ng kanilang kalikasan. Kapag tinitiktikan ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos tulad ng Kanyang mga pangako at pagpapala, sa panlabas ay maaaring iniaalay nila ang kanilang oras at nagbabayad sila ng pisikal na halaga, pero hindi nila ganap na inilalaan sa Diyos ang kanilang puso. Ano ang mga kongkretong pagpapamalas ng hindi ganap na paglalaan ng kanilang puso sa Diyos? Anuman ang kanilang ginagawa o ang tungkulin na ginagampanan nila, hindi nila ibinubuhos ang lahat ng kanilang lakas dito at hindi nila ito ginagawa nang walang pasubali, sa halip ay tinitiyak lamang nila na walang mga halatang kamalian at na tama ang pangunahing direksyon ng kabuuang proseso. Bakit nagagawa nila ito? Sa kaibuturan ng kanilang puso, sa kaloob-looban ng kanilang pagkatao, nagkikimkim sila ng isang kaisipan: “Natutupad man o hindi ang mga salita ng diyos, ito ang nagtatakda kung maliligtas ako ng diyos at kung siya nga ang aking diyos. Kung hindi masasagot ang katanungang ito, maging ang pagiging totoo ng pagkakakilanlan at diwa ng diyos ay karapat-dapat ding kuwestiyunin.” Nang may gayong mga kaisipan sa kanilang kaibuturan, maaari pa rin kaya silang magkaroon ng tunay na puso para sa Diyos? Hinahadlangan sila ng mga

malalim na kaisipang ito sa kanilang puso, patuloy silang binabalaan: Huwag ibigay ang iyong tunay na puso sa diyos, huwag ibigay ang lahat-lahat, iraos mo lang ang anumang ginagawa mo, at huwag kang maging hangal; magtago ka ng bagay mula sa diyos, siguraduhing may daan kang malalabasan, at huwag mong ipagkatiwala ang iyong buhay o ang iyong mga pinakamahalagang bagay sa diyos na ito na hindi pa kilala. Ganito sila mag-isip sa kanilang puso. Napansin ba ninyo ito? (Hindi.) Ang mga anticristong ito, sa mga pagtitipon at sa pakikisalamuha sa iba, ay maaaring mabait sa panlabas, normal na nakikisama, at nagbabahagi pa nga ng ilan sa kanilang sariling kabatiran, pagkaunawa, at karanasan at maaaring nagpapakita sila ng panlabas, mababaw, batayang mga pag-uugali at pagpapamalas na dapat taglayin ng isang mananampalataya; gayumpaman, walang paglago o pag-unlad sa kanilang pagkatakot sa Diyos o sinseridad sa Kanya. Paano man magbayad ng halaga ang mga taong ito o ilang taon man nilang ginagawa ang kanilang tungkulin sa sambahayan ng Diyos, isang bagay ang tiyak: Hindi lumalago ang buhay nila—wala silang buhay. Sa anong mga aspekto naipapamalas ang kawalan ng buhay na ito? Kapag nahaharap sa mga sitwasyon, hindi nila hinahanap ang mga prinsipyo ni kaunti; kontento na sila kung nagpapatuloy ang kasalukuyang gawain, hindi nila kailanman itinuturing na pamantayan ng kanilang pagsasagawa ang mga prinsipyong sinasabi ng Diyos, paimbabaw lang nilang tinatanggap ang pagsusubaybay, pangangasiwa, at pamumuno ng ibang tao, at hindi nila tinatanggap ang pagsisiyasat ng Diyos. Nangangahulugan ito na hanggang sa malinaw nilang makumpirma kung kanino tunay na natutupad ang mga pangako at pagpapala ng Diyos, kung kaninong grupo ng mga tao napagtatanto ang mga ito, at hanggang makumpirma nila na sila mismo ay tunay na makatatanggap mula sa Diyos ng mga pangako at pagpapala na ibinibigay ng Diyos sa tao, hindi magbabago ang kanilang mga prinsipyo at pamamaraan ng pagkilos, pati na rin ang kanilang saloobin sa mga salita ng Diyos. Sa isang banda, palagi nilang pinapaalalahanan ang kanilang sarili, habang pinaplano sa loob-loob nila ang kanilang pakikipag-argumento sa Diyos. Ano ang pokus ng kanilang pakikipag-argumento sa Diyos? Iniisip nila: “Ang mga pangako at pagpapala mo ay hindi pa nagkakatotoo. Hindi ko pa nakikitang naisasakatuparan ang mga ito, at hindi ko makita kung paano ka gumagawa, kaya hindi ko makumpirma ang iyong pagkakakilanlan. Kung hindi ko makumpirma ang iyong pagkakakilanlan, paano ko maituturing ang mga salita mong ito bilang ang katotohanan, bilang mga salita ng diyos?” Hindi ba’t nakikipagtalo sila sa Diyos tungkol sa usaping ito sa loob-loob nila? Sinasabi nila, “Kung hindi ko mapatunayan ang mga pagpapalang ipinapangako mong ipagkakaloob sa mga tao, at ang lahat ng iba’t ibang nilalaman ng iyong mga pangako sa mga tao, kung gayon, hindi puwedeng maging isang daang porsiyento ang pananalig ko sa iyo. Palaging may mga karumihan sa loob nito, at hindi ako ganap na makapaniwala.” Ito ang saloobin ng mga anticristo. Nakakatakot ba ang gayong saloobin? (Oo.) Ang ganitong uri ng saloobin ay medyo katulad sa kalikasan ng kasabihan ng mga walang pananampalataya, “Huwag pakawalan ang lawin hangga’t hindi mo pa nakikita ang kuneho.” Sinasabi nila: “Ikaw

ang diyos, dapat mayroon kang kapangyarihan na isakatuparan ang mga pangako at pagpapala mo. Kung hindi maisasakatuparan ang iyong sinasabi, at hindi makakatamasa ng malalaking pagpapala ang mga taong nananampalataya sa iyo, hindi makakatamasa ng kaluwalhatian, kayamanan, at karangalan, hindi makakatamasa ng biyaya, at hindi makakatanggap ng iyong kanlungan, kung gayon, bakit pa dapat sumunod sa iyo ang mga tao?” Sa mga mata ng mga anticristo, at sa kanilang mga kaisipan at pananaw, dapat mayroong ilang pakinabang sa pagsunod sa Diyos; hindi sila mag-aabalang kumilos kung walang mga pakinabang. Kung walang matatamasang kasikatan, pakinabang, o katayuan, kung hindi nila makukuha ang paghanga ng iba sa mga gawaing ginagawa nila o mga tungkuling ginagampanan nila, kung gayon, walang saysay na manampalataya sa Diyos at gawin ang kanilang mga tungkulin. Ang unang mga pakinabang na dapat nilang makuha ay ang mga pangako at pagpapala na binanggit sa mga salita ng Diyos, at dapat din nilang matamasa ang kasikatan, pakinabang, at katayuan sa loob ng iglesia. Iniisip ng mga anticristo na sa pananampalataya sa Diyos, kailangang maging nakatataas ang isang tao sa iba, kailangang hangaan, kailangang maging espesyal—sa pinakamababa, kailangang matamasa ng mga mananampalataya sa Diyos ang mga bagay na ito. Kung hindi, may kuwestiyon kung tunay na Diyos itong Diyos na pinananampalatayan nila. Hindi ba’t ang lohika ng mga anticristo ay na itinuturing nilang ang katotohanan ang mga salitang “Ang mga mananampalataya sa diyos ay dapat magtamasa ng mga pagpapala at biyaya ng diyos”? Subukang suriin ang mga salitang ito: Katotohanan ba ang mga ito? (Hindi.) Ngayon ay malinaw na hindi katotohanan ang mga salitang ito, maling paniniwala ang mga ito, lohika ni Satanas ang mga ito, at walang kaugnayan sa katotohanan ang mga ito. Sinabi na ba ng Diyos na, “Kung mananampalataya sa Akin ang mga tao, tiyak na pagpapalain sila, at hindi kailanman magdurusa ng paghihirap”? Aling linya sa mga salita ng Diyos ang nagsasabi nito? Hindi kailanman sinabi ng Diyos ang ganitong mga salita o ginawa ito. Pagdating sa mga pagpapala at paghihirap, may katotohanan na dapat hanapin. Ano ang matalinong kasabihan na dapat sundin ng mga tao? Sinabi ni Job, “Tatanggap ba tayo ng mabuti sa kamay ng Diyos, at hindi tayo tatanggap ng paghihirap?” (Job 2:10). Ang katotohanan ba ang mga salitang ito? Mga salita ito ng isang tao; hindi puwedeng itaas ang mga ito sa antas ng katotohanan, bagama’t medyo naaayon sa katotohanan ang mga ito. Sa anong paraan naaayon sa katotohanan ang mga ito? Nasa mga kamay ng Diyos kung pagpapalain o magdurusa man ng paghihirap ang mga tao, nasa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos ang lahat ng ito. Ito ang katotohanan. Pinaniniwalaan ba ito ng mga anticristo? Hindi, hindi nila ito pinaniniwalaan. Hindi nila ito inaamin. Bakit hindi nila ito pinaniniwalaan o inaamin? (Ang pananampalataya nila sa Diyos ay para pagpalain sila—gusto lamang nilang mapagpala.) (Dahil masyado silang makasarili, at hinahangad lamang nila ang mga interes ng laman.) Sa kanilang pananampalataya, nais lamang ng mga anticristo na mapagpala, at ayaw nilang magdusa ng paghihirap. Kapag nakikita nilang pinagpala ang isang tao, nakinabang,

nabiyayaan, at nakatanggap ng higit pang materyal na kasiyahan, malalaking bentaha, naniniwala silang ito ay ginawa ng Diyos; at kung hindi sila nakakatanggap ng gayong mga materyal na pagpapala, kung gayon ay hindi ito gawa ng Diyos. Ang pahiwatig nito ay, “Kung talagang ikaw ay diyos, puwede mo lang pagpalain ang mga tao; dapat mong iiwas ang mga tao sa paghihirap at hindi sila hayaang magdusa. Sa gayon lamang magkakaroon ng halaga at saysay ang pananampalataya ng mga tao sa iyo. Kung, pagkatapos sumunod sa iyo, patuloy pa ring nakakaranas ng paghihirap ang mga tao, kung patuloy silang nagdurusa, ano pa ang saysay na manampalataya sa iyo?” Hindi nila kinikilala na nasa mga kamay ng Diyos ang lahat ng bagay at pangyayari, na ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat. At bakit hindi nila ito kinikilala? Dahil natatakot ang mga anticristo na magdusa ng paghihirap. Gusto lamang nilang makinabang, magsamantala, magtamasa ng mga pagpapala; ayaw nilang tanggapin ang kataas-taasang kapangyarihan o pamamatnugot ng Diyos, kundi gusto lamang nilang makatanggap ng mga pakinabang mula sa Diyos. Ito ang makasarili at kasuklam-suklam na pananaw ng mga anticristo. Ito ay isang serye ng mga pagpapamalas na ipinapakita ng mga anticristo tungkol sa gayong mga salita ng Diyos tulad ng Kanyang mga pangako at pagpapala. Sa kabuuan, ang mga pagpapamalas na ito ay pangunahing kinasasangkutan ng mga perspektiba ng mga anticristo sa likod ng kanilang paghahangad, pati na rin ng kanilang mga pananaw, pagsusuri, at pagkaunawa sa ganitong uri ng bagay na ginagawa ng Diyos para sa mga tao. Bagama’t maaaring hindi nila lantarang sinisiraan o kinontra ang mga salita ng Diyos, sa kaibuturan nila, ang pagharap nila sa ganitong uri ng mga salita mula sa Diyos at sa pamamaraan kung paano ginagawa ng Diyos ang ganitong uri ng bagay ay mapanirang-puri, mapagduda, mapagkondena, at mapili. Kapag natutupad ang mga salita ng pangako at pagpapala ng Diyos sa ilang tao, pinupuri nila ang kapangyarihan ng Diyos at itinatanghal ang Kanyang pangalan at Kanyang pagmamahal. Gayumpaman, kapag hindi umaayon ang ginagawa ng Diyos sa kanilang mga kuru-kuro at imahinasyon ng mga pangako at pagpapala, agad na itinatatwa ng mga anticristo sa puso nila ang pag-iral ng Diyos, pati na rin ang kawastuhan ng lahat ng ginagawa ng Diyos, at lalo nilang itinatatwa ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos at ang katunayan na pinamamatnugutan at isinasaayos Niya ang kapalaran ng tao. Ang lahat ng pagpapamalas na ito ng mga anticristo ay maaaring hindi mabubunyag sa panlabas, at maaaring hindi nila ipapakalat ang kanilang mga pananaw gamit ang mga lantarang pahayag, pero hindi nagbabago ang perspektibang gamit nila sa atubiling pagmamasid at paniniktik sa mga salitang ito mula sa Diyos sa kanilang puso. Paano man magbahagi ang iba tungkol sa mga usapin ng buhay pagpasok o kung paano maliligtas ang mga tao, hindi maisasantabi ang mentalidad at saloobin ng mga anticristo sa paniniktik sa kung matutupad ba ang mga salitang ito ng Diyos tulad ng Kanyang mga pangako at pagpapala at kung paano maisasakatuparan ang mga ito. Maaaring pumapalakpak nang masigla at nagagalak ang mga anticristo, pinupuri ang kapangyarihan ng Diyos kapag nagkakatotoo ang mga pangako at pagpapala ng Diyos. Pero kapag hindi

nagkatotoo o hindi natupad ayon sa kanilang mga kuru-kuro ang mga pangako at pagpapala ng Diyos, agad nilang palihim na sinusumpa at nilalait ang Diyos sa kanilang puso, at sinisiraan ang Kanyang pangalan. Kaya, sa pang-araw-araw na buhay, kahit na payapa at walang problema ang lahat ng bagay, mabilis na nagbabago-bago ang kalagayan ng ilang tao. Kapag masaya sila, para silang nasa ikapitong langit, pero kapag malungkot sila, para silang nalulugmok sa impiyerno ng kawalan ng pag-asa. Pabagobago ang kanilang lagay ng kalooban at hindi mawari, kaya naguguluhan ang iba sa kung ano ang nangyayari. Kapag masaya sila, sinasabi nila, “Tunay nga na diyos ang diyos. Ang diyos ay napakadakila, talagang umiiral ang awtoridad ng diyos, mahal na mahal ng diyos ang mga tao!” Pero kapag hindi sila masaya, nagiging napakahirap para sa kanila na bigkasin man lang ang salitang “diyos.” Ang parehong tao na malakas na pumupuri sa pangalan ng Diyos ay siya ring naninira, tumatatwa, lumalapastangan, umaabuso, at sumusumpa sa Diyos sa kanilang puso. Bumabangon sila nang maaga at natutulog nang dis-oras ng gabi upang gawin ang kanilang mga tungkulin, nagbabayad ng halaga na hindi kayang gawin ng karamihan, pero sila rin ang nagbubulalas ng kanilang pagkadismaya sa pamamagitan ng kanilang mga tungkulin, nagkakanulo sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, sadyang gumugulo sa gawain, at sadyang nagpapabaya sa pangangasiwa ng kanilang mga tungkulin at gawain. Sa panlabas, iisang tao lang ang lahat ng ito, pero batay sa kanilang mga pag-uugali at mga disposisyon, parang dalawang magkaibang tao ang sangkot dahil sa gayong mga magkaibang pagpapamalas. Nagpapakita ito ng problema. Mula sa mga pagpapamalas na ito ng mga anticristo, malinaw na hindi talaga nila tinatanggap ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan o bilang mga salita ng Diyos. Dagdag pa rito, batay sa diwa ng mga anticristo, hindi nila kailanman ituturing ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan, ni bilang mga katotohanang prinsipyo na dapat itaguyod sa buong buhay nila. Ito ang unang aytem ng paniniktik ng mga anticristo sa kung matutupad ba ang mga salita ng Diyos—tinitiktikan nila ang mga salita ng Diyos ng mga pangako at mga pagpapala. Para sa mga anticristo, ang mga pangako at pagpapala ng Diyos ay hindi maihihiwalay sa materyal na pagtrato, espirituwal na pagtrato, kapaligiran ng pamumuhay, at iba pang gayong mga bagay na kanilang tinatamasa sa buhay na ito, kaya nila binibigyan ng espesyal na atensiyon ang aspektong ito. Ginagamit nila ang katuparan ng mga salita ng Diyos ng mga pangako at pagpapala bilang pamantayan para sukatin ang lawak ng kapangyarihan ng Diyos at ang pagiging tunay ng pagkakakilanlan ng Diyos. Pinagbubulayan at pinag-iisipan nila ito nang palihim—ito ang ibig sabihin ng paniniktik. Hindi interesado ang mga anticristo sa iba’t ibang katotohanan tungkol sa buhay pagpasok na sinasabi ng Diyos. Gayumpaman, sa sandaling mabanggit ang mga salita ng Diyos ng mga pangako at pagpapala, nagliliwanag ang kanilang mga mata sa pag-iimbot, umuusbong ang kanilang pagnanais. Sa panlabas, sinasabi nila, “Dapat nating igugol ang ating sarili para sa diyos nang walang kondisyon, dapat nating gawin ang ating mga tungkulin ayon sa mga hinihingi ng diyos,” pero saan ba aktuwal na nakatuon

ang mga mata nila? Nakatuon ang mga ito sa gayong mga salita ng Diyos tulad ng Kanyang mga pangako at pagpapala. Kapag nakuha na nila ang mga ito, hindi na sila bumibitiw. Ganito ang pag-uugali ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos ng mga pangako at pagpapala sa tao.

2. Paniniktik sa mga Salita ng Pagsumpa at Pagparusa ng Diyos sa Tao

Ang pangalawang aytem ay na tinitiktikan ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos ng pagsumpa at pagparusa sa tao. Ang pananaw at paninindigan ng mga anticristo tungkol sa pagsumpa at pagparusang binanggit sa mga salita ng Diyos ay pareho sa kanilang pananaw at paninindigan sa unang aytem. Paano nila tinitiktikan ang ganitong mga klase ng salita? Kapag nakikita nila kung aling uri ng mga tao ang nilalayong isumpa ng mga salita ng Diyos at kung aling uri ang nilalayong parusahan ng mga ito, kung anong mga salita ang sinabi ng Diyos para isumpa ang gayong mga tao, kung anong paraan ang ginagamit ng Diyos para parusahan ang gayong mga tao, pati na rin kung anong pamamaraan at mga salita ang ginagamit ng Diyos para isumpa ang kung aling uri ng mga tao, nagsisimula silang magmasid sa kanilang pang-araw-araw na buhay, nagmamatyag kung paano naisasakatuparan ang mga salitang ito ng Diyos, at kung naisakatuparan na ba ang mga ito. Halimbawa, may isang lider ng iglesia na lumulustay sa pondo ng sambahayan ng Diyos, wala sa katwirang nagpapahirap at sumusupil sa mga kapatid, kumikilos nang mapaniil at padalos-dalos sa iglesia, namamahala nang walang mga prinsipyo, hindi naghahanap sa mga layunin ng Diyos, at hindi nakikipagtulungan nang maayos sa iba. Isinasaad ng mga salita ng Diyos na may pagsumpa at pagparusa para sa ganitong uri ng tao. Nagmamasid ang isang anticristo: “Hindi minamahal ng Diyos ang gayong mga tao, itinataboy niya ang mga ito. Pero paano niya itinataboy ang taong ito? Namumuhay nang napakakomportable araw-araw ang naturang tao at inaapi niya ang mga kapatid nang hindi napupuna; walang magawa ang mga kapatid kundi tiisin ito. Kaya paano natutupad ang mga salitang ito ng diyos? Hindi ko nakikitang matutupad ang mga ito; baka isang kasabihan lamang ang pagsumpa ng diyos sa gayong mga tao. Dapat may awtoridad ang mga salita ng diyos, at pagkatapos magsalita ng diyos, dapat may maramdamang pagkaligalig at paninisi sa puso ng mga tao. Kailangan kong obserbahan at tingnan kung nakararamdam siya ng pagkaligalig sa puso niya, kailangan kong makipag-usap sa kanya at alamin ang nararamdaman niya.” Kaya, tinatanong ng anticristo ang naturang tao, “Kumusta ang mga karanasan mo kamakailan?” “Mabuti naman. Pinapatnubayan tayo ng diyos. Maayos naman ang buhay iglesia, nakapasok na sa tamang landas ang mga kapatid, mahilig silang lahat na magbasa ng mga salita ng diyos, at maayos din ang pag-usad ng gawain ng ebanghelyo.” “Kapag hindi maayos ang pag-usad ng gawain, hindi ka ba nababagabag? Hindi ka ba nagiging negatibo? Dinidisciplina ka ba ng diyos? Nakakaramdam ka ba ng panunuway sa loob mo?” “Hindi, bakit ako makakaramdam ng anumang panunuway kung napakaayos naman ng paggawa sa gawain? Sa totoo lang, pinagpapala ako ng

diyos.” Iniisip ng anticristo, “Hindi pa sinumpa ng diyos ang gayong tao, kaya ang mga salitang sinabi ng diyos tungkol sa pagsumpa sa masasamang tao, pagsumpa sa mga lumalaban sa diyos, ay hindi pa naisasakatuparan! Ang lider na ito ay malinaw na may ginawang paglaban sa diyos at panggagambala sa gawain ng iglesia; dapat sumapit sa kanya ang pagsumpa ng diyos. Bakit hindi ito nangyari? Mahirap sabihin kung maisasakatuparan ba o hindi ang mga salita ng diyos tungkol sa pagsumpa sa mga tao, kaya patuloy akong magmamasid.” May isang parirala sa mga salita ng Diyos: “Ang paglaban ay humahantong sa kamatayan!” Sa mga mata ng anticristo, maraming tao ang lumalaban sa Diyos. Halimbawa, may mga tao na, noong una nilang maranasan ang yugtong ito ng gawain ng Diyos at hindi nila naunawaan ang katotohanan, nagsabi sila ng ilang salita na lumalapastangan at naninira sa Diyos, tinatanggi ang yugtong ito ng gawain ng Diyos. Iniisip ng anticristo, “Lumalaban ba sa diyos ang mga taong ito? Kung oo, kung gayon, ayon sa mga salita ng diyos, ang paglaban ay humahantong sa kamatayan. Pero pagkatapos ng napakaraming taon, tila walang namatay sa mga taong ito; hindi natupad ang mga salita ng diyos! Kahit na hindi sila mamatay, dapat mabalian man lang ng braso o maputulan ng paa ang mga taong ito, o magdusa ng ilang kapahamakan sa kanilang tahanan, tulad ng pagkamatay ng isang miyembro ng pamilya, o pagkagiba ng kanilang bahay, o pagkaaksidente sa sasakyan. Wala sa mga kasawiang ito ang nangyari, kaya paano masasabi na ang paglaban ay humahantong sa kamatayan? Maaaring mahina ang kakayahan naming umunawa at hindi pa rin namin alam kung paano natutupad at naisasakatuparan ang mga salita ng diyos. Kung matutupad man o hindi ang mga salita ng diyos, hindi alam ng mga tao; mahirap sabihin.”

Tinitingnan ng anticristo, sa pamamagitan ng mga nakikitang katunayan at ng kanyang sariling mental na pagsusuri, at mula sa kanyang “natatanging” perspektiba, kung natutupad ba o hindi ang mga salitang ito ng Diyos at kung paano natutupad ang mga ito. Palagi niyang kinukuwestiyon ang usaping ito; hindi niya alam ang panghuling kalalabasan ng usaping ito, kung paano ipapaliwanag ang mga pangyayaring ito, o kung paano uunawain ang mga penomenong ito. Siyempre, madalas siyang nagdarasal tungkol dito: “O diyos, pakiusap, bigyang-liwanag mo ako, hayaan mo akong maunawaan kung paano mo sinusumpa at pinarurusahan ang mga tao, at kung paano natutupad ang mga salita mo, para magkaroon ako ng pusong may takot sa iyo, para mangamba ako sa iyo at hindi ako gumawa ng mga bagay na lumalaban sa iyo.” Kapaki-pakinabang ba ang panalanging ito? Makikinig ba ang Diyos? (Hindi.) Hindi man lang ito pinapansin ng Diyos; itinuturing Niya ang mga panalanging ito katulad ng walang katuturang pag-iingay ng mga langaw at insekto. Bakit hindi pinakikilingan ng Diyos ang gayong mga panalangin? Dahil ang bawat pangungusap na binibigkas ng anticristo ay puno ng pagsusubok, panghahamon, paninirang-puri, at kalapastanganan. Para sa gayong tao, bagama’t hindi pa siya hayagang hinampas o kinondena ng Diyos, ang lahat ng kanyang ginagawa, ang kanyang mga iniisip, pananaw, at paninindigan, ay kinokondena sa mga mata ng Diyos. Pawang nakatago sa puso ang mga pagpapamalas na ito ng anticristo;

ginagawa niya ang mga bagay na ito nang patago at tinitiktikan ang mga bagay na ito nang palihim. Siyempre, kinokondena at sinusumpa rin siya ng Diyos sa puso ng Diyos.

Tungkol sa mga salita ng Diyos ng pagsumpa at pagparusa sa tao, hindi pinaniniwalaan o nauunawaan ng mga anticristo ang mga ito; madalas silang nagsisiyasat at nagsusuri: “Paano ba mismo natutupad ang mga salitang ito? Talaga bang maaaring matupad ang mga ito? Para kanino matutupad ang mga ito? Talaga bang nakakatanggap ng pagsumpa at pagparusa ang mga isinusumpa at pinaparusahan ng diyos? Makikita ba ito ng mata ng tao? Hindi ba’t dapat gawin ng diyos na nakikita sa mata ng tao ang lahat ng ito?” Palagi nilang pinagninilayan ang mga usaping ito sa kanilang puso, itinuturing ang mga ito bilang mabibigat at mahahalagang isyu sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Sa tuwing may oras o pagkakataon sila, pinagninilayan nila ang mga ito. Hangga’t tama ang kapaligiran at nagaganap ang gayong mga pangyayari, o hangga’t may kinalaman ang gayong mga paksa, malinaw na nabubunyag ang kanilang paninindigan at pananaw. Sinisiyasat at sinisiraan nila ang mga salitang ito ng Diyos, sinusubukang unawain ang mga salitang ito mula sa perspektiba ng tao at sa paraan ng tao, habang sinusubok din kung maaari bang maisakatuparan ang mga salitang ito, kung natupad ba ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay at nagkaroon ng mga praktikal na epekto. Bakit nila ginagawa ito? Bakit nila pinag-iisipan at walang-sawang pinagninilayan ang mga bagay na ito sa kanilang puso? Dahil sa puso ng mga anticristo, gaano man karaming katotohanan ang ipinapahayag ng Diyos, hindi sapat ang mga ito para patunayan ang pagkakakilanlan o diwa ng Diyos. Ang tanging bagay na makakapagpatunay sa pagkakakilanlan at diwa ng Diyos ay kung natutupad at naisasakatuparan ang mga salita ng Diyos. Sa madaling salita, ang tanging pamantayan nila sa pagsubok sa pagkakakilanlan at diwa ng Diyos ay kung naisasakatuparan at natutupad ba ang mga salita ng Diyos. Gayundin, para subukin ang pagkakakilanlan at diwa ng Diyos, naging pamantayan na rin nila kung natutupad ba ang mga salita ng Diyos tungkol sa mga sumpa at pagparusa sa tao. Ito ang pinakamahalagang kaisipan at pananaw ng mga anticristo sa pagsukat sa Diyos. Sinusubok at sinusuri ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos tungkol sa pagsumpa at pagparusa sa tao gamit ang mga perspektiba at pamamaraan ng tao sa pag-unawa, at umaasa sa talino ng tao. Kapag, kahit anong mangyari, hindi nila makita ang mga katunayan at hindi makita ang tanawin na nais nilang makita, paulit-ulit nilang ikinakaila sa kanilang puso ang pagkakakilanlan at diwa ng Diyos. Kapag mas kaunti ang nakikita nila, mas tumitindi ang kanilang pagkakaila sa Diyos, at mas nagdududa sila kung naging sulit ba ang kanilang mga ipinuhunan at iginugol. Gayumpaman, kapag nasasaksihan ng mga anticristo ang ilang masamang tao sa sambahayan ng Diyos na naninira sa Diyos o gumugulo sa gawain ng sambahayan ng Diyos, o ang mga lumalapastangan at lumalaban sa Diyos, na tumatanggap ng iba’t ibang antas ng pagparusa o mga pagsumpa, at kapag nakikita ng mga anticristo kung ano ang nangyayari sa mga taong ito, labis silang namamangha sa Diyos, bigla nilang nararamdaman, “Ang diyos ay tunay na napakalakas. Naisasakatuparan ang anumang

kanyang sabihin. Maayos naman ang lagay ng taong iyon noon pero bigla siyang namatay, dahil kahapon lang ay nilalait niya ang diyos! Ang isa pang tao, na kasinglakas ng kalabaw, ay biglang nagkasakit dahil nagdulot siya ng malalaking kawalan sa gawain ng sambahayan ng diyos at hindi man lang niya ito kinilala, kaya't isinumpa siya ng diyos. Ang isa pang tao, dahil sa paggawa ng ilang kamalian at masamang bagay sa iglesia, ay nagkaroon ng mga kasawian sa kanyang pamilya, at mula noon, hindi na napayapa ang tahanan niya. Ang isa pang tao, na laging nagsasalita ng kalapastanganan tungkol sa diyos, ay nabaliw na ngayon, at sinasabi niyang siya ang diyos. Ito ay pagsapi ng mga demonyo; ibinigay siya ng diyos kay Satanas, inilalagay siya sa tirahan ng maruruming demonyo. Ang pagpaparanas sa kanya ng pagsapi ng masasamang espiritu ay hindi isang bagay na maaaring idulot ng mga tao; tanging ang diyos ang may awtoridad na gawin ito. Ang diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat—ibinigay niya ang taong iyon sa masasamang espiritu, at sinapi ang taong ito ng masasamang espiritu, na naging sanhi ng kanyang pagkabaliw at kawalan ng kahihiyan, kaya siya tumatakbo nang hubo't hubad sa lansangan. Tingnan mo ang nangyari sa mga taong ito, ang mga pagparusa at sumpang dinanas nila; ano ang ginawa nilang lahat?" Pagkatapos magbuod, bumilis ang pintig ng puso ng mga anticristo: "Kasama sa mga taong ito ang mga hayagang nanlalait sa diyos, ang mga hayagang lumapastangan at nanghusga sa diyos, at ang mga nanadyang magdulot ng mga kaguluhan at pagkagambala sa sambahayan ng diyos. Mukhang walang magandang naidudulot ang paglabag sa diyos! Tunay na napakalakas ng diyos! Kung sasalungatin mo ang ibang mga tao, wala silang masyadong magagawa sa iyo, pero kung sasalungatin mo ang diyos, seryoso iyon. Dapat kang managot sa iyong pag-uugali; napakalaki ng kabayaran! Sa pinakamababa, puwede kang mabaliw, at ibibigay ka ng diyos sa maruruming demonyo, na tiyak na nangangahulugang mapupunta ka sa impierno; sa pinakamalala, aalisin ng diyos ang iyong pisikal na pag-iral sa buhay na ito, wawasakin ka niya, at sa darating na mundo—hindi na kailangang sabihin pa—wala kang magiging hantungan, hindi ka makakapasok sa kaharian, at hindi ka makakatanggap ng mga pagpapala. Batay sa iba't ibang paraan ng kanilang paglaban sa diyos, kailangan kong mas mag-ingat at magtakda ng ilang prinsipyo para sa aking sarili. Una, hindi ko dapat hayagang laitin ang diyos; kung kailangan, dapat na tahimik ko itong gawin sa puso ko. Pangalawa, kahit na may pagnanais at ambisyon akong maging diyos, hindi ko ito puwedeng ibunyag o ipaalam sa iba. Pangatlo, dapat kong kontrolin ang pag-uugali at mga kilos ko, hindi gagawa ng anumang bagay na makakagambala. Kung magdudulot ako ng mga kawalan sa gawain ng sambahayan ng diyos at magagalit ang diyos, napakalubha niyon! Sa mas magaang kaso, maaaring mawala ang buhay ko; sa mas malalang kaso, masusumpa ako at mahuhulog sa walang-hanggang hukay, at iyon na ang magiging katapusan ko." Kapag nakikita ng mga anticristo na nangyayari ang mga bagay na ito, nararamdaman nila na natupad ang mga salita ng Diyos, at na napakadakila at napakalakas ng Diyos. Napagtatanto at kinikilala nila ang kadakilaan at pagiging malakas ng Diyos sa pamamagitan ng mga

pangyayaring ito. Hindi ba't ang lahat ng proseso ng pag-iisip na ito sa puso ng mga anticristo, pati na rin ang mga prinsipyo ng pagkilos na kanilang ibinuod matapos makita ang mga bagay na ito, ay mga aktibidad ng kanilang mga panloob na mundo? Kilala bilang paniniktik ang lahat ng ginagawa nila sa Diyos sa kanilang puso.

Hindi hayagang sinasabi ng mga anticristo na, "Hindi sinusumpa ng diyos ang mga tao, hindi natupad ang mga salita ng diyos," ni hayagang sinasabi na, "Pinarusahan ng diyos si ganito, isinumpa ng diyos si ganito. Natupad ang mga salita ng diyos, tunay na dakila ang diyos." Sa halip, nagpapakana, nagpaplano, at nagbubulay-bulay sila tungkol sa mga usaping ito sa kaibuturan ng kanilang puso. Ano ang kanilang layon sa pagbubulay-bulay? Iniisip nila kung ano ang gagawin kung matupad ang mga salita ng Diyos, at kung ano ang gagawin kung hindi matupad o hindi maisakatuparan ang mga salita ng Diyos. Ang pakay ng kanilang paniniktik ay hindi para maunawaan ang mga kilos ng Diyos, hindi para maunawaan ang disposisyon ng Diyos, at lalong hindi para makamit ang katotohanan at maging isang nilikhang pasok sa pamantayan—kundi, para harapin ang lahat ng usaping ito, para komprontahin ang pagsumpa at pagparusa ng Diyos, gamit ang mga pamamaraan at estratehiya ng tao. Ito ang pinaplano ng mga anticristo sa puso nila. Mapapatunayan ba ng serye ng mga kaisipan na ito tungkol sa mga salita ng Diyos na mapanlaban sila sa Diyos? Mapapatunayan ba nito na patuloy nilang sinisiraan at nilalapastangan ang Diyos? (Oo.) Tiyak ito! Ito ang ginagawa ng mga anticristo. Kung matutupad ang mga salita ng Diyos, handa na ang kanilang mga kontra-hakbang; kung hindi matupad ang mga salita ng Diyos, handa rin ang kanilang mga kontra-hakbang para doon—nagbabago ang kanilang mga kontra-hakbang depende sa kung matupad o hindi ang mga salita ng Diyos. Kung matutupad ang mga salita ng Diyos, umaasal nang maayos ang mga anticristo, maingat na gumagawa ng mga gampanin sa sambahayan ng Diyos, nananatiling tahimik, hindi arogante o walang galang, nananatiling maingat na hindi gumawa ng anumang mali. Kung hindi matutupad ang mga salita ng Diyos, hayagan silang kikilos nang pabasta-basta. Ano't anuman, nakikita man ng kanilang mga mata na natutupad ang mga salita ng Diyos o hindi, hindi kailanman tunay na itinuturing ng kanilang puso ang Diyos bilang Diyos, hindi kailanman lubusang maibibigay ang kanilang puso sa Diyos. Hindi isinasakatuparan nang may puso ang kanilang mga tungkulin at kilos kundi ginagawa gamit ang mga pakana, panlalansi, at pagkukunwari, nang may panlilinlang, pagtatago, at pagkukubli. Hindi kailanman hayagang ibinabahagi sa iba o sa Diyos ang kanilang pinag-iisipan, pinagbubulayan, at pinagdududahan sa kaibuturan ng kanilang puso. Sa halip, matigas nilang itinuturing ang sarili nilang mga kaisipan at ideya bilang ang katotohanan, bilang ang tama at mabuting direksyon at layon na isasakatuparan at isasagawa. Sa mga mata ng mga anticristo, napakahalaga kung magkakatotoo man o hindi ang mga salita ng Diyos ng pagsumpa at pagparusa sa tao, sapagkat ito ang nagtatakda kung paano sila kikilos at aasal sa pang-araw-araw na buhay, kung paano nila tatratuhin ang gawain, at kung paano nila tatratuhin ang mga kapatid; ito rin ang nagtatakda kung anong mga pag-uugali ang

ibubunyag nila, pati na rin kung anong mga kilos at pagpapamalas ang mayroon sila. Kapag natutupad ang mga salita ng Diyos, umaasal nang maayos at totoo ang mga anticristo, pinipigilan ang kanilang mga aktibidad, sinusubukang huwag gumawa ng anumang bagay na nagdudulot ng mga kaguluhan o pagkagambala at sinusubukang huwag magsalita ng mga salitang nakakagambala o nakakagulo, na naninira sa mga salita ng Diyos, o na naninira sa Kanyang gawain. Kung hindi natutupad ang mga salitang ito ng Diyos, pakiramdam nila ay malaya silang humusga at kumondena sa gawain ng Diyos nang walang pagpipigil. Sa ganitong paraan, patuloy na kumontra at tumututol ang mga anticristo sa Diyos sa kaibuturan ng kanilang puso—posible bang hindi sila mabunyag at matiwalag? Tunay na kaaway ng Diyos ang ganitong saloobin, disposisyon, at diwa nila. Bagama't hindi magagawa ng mga anticristo ang anumang gusto nila, hinding-hindi nila tinatago ang kanilang iniisip, ang kanilang pinaplano, ang kanilang pinagbubulayan, o ang kanilang mga pananaw sa kaibuturan ng kanilang puso, dahil hindi sila natatakot sa Diyos. Ano ang dahilan kung bakit hindi sila natatakot sa Diyos? Hindi sila naniniwala sa pag-iral ng Diyos, ni naniniwala na pinagmamasdan ng Diyos ang kaloob-looban ng puso ng tao. Samakatwid, sa lohika ng mga anticristo, ang itinuturing nilang pinakamatalinong estratehiya para sa pananatiling buhay ay ito: “Ang ginagawa at kinikilos ko, ang nakikita ng iba, ay puwedeng maging pamantayan sa pagsukat kung anong klase ng tao ako. Pero kung ano ang iniisip ko sa puso ko, kung ano ang aking plano at layunin, kung ano ang aking panloob na mundo, kung sinisiraan at nilalapastangan ko ba ang diyos, hinuhusgahan ang diyos, o nananampalataya at nagpupuri ako sa diyos—kung hindi ko ito sasabihin, wala sa inyo ang makakaalam. Galingan ninyo sa pagkondena sa akin! Kung hindi ako magsasalita, wala sa inyo ang makakaasang makaalam kung ano ang iniisip o pinaplano ko sa puso ko, o kung ano ang aking saloobin at pananaw sa diyos, at walang makakapag-akusa sa akin ng anumang kasalanan.” Ito ang plano ng mga anticristo. Naniniwala silang ito ang pinakamataas na prinsipyo ng pag-uugali sa pamumuhay at paggawa ng mga bagay kasama ang mga tao. Hangga't hindi mali ang pag-uugali nila at walang pagkakamali sa kanilang mga kilos, walang sinuman ang maaaring makialam sa iniisip nila sa kanilang puso. Hindi ba't napakamautak ng mga anticristo? (Hindi.) Paanong hindi sila mautak? Napakagaling nilang magbalatkayo. Kapag nagdarasal sila, ginagawa nila ito sa mga kanto ng kalsada, at pawang tama ang mga salitang sinasabi nila sa harap ng iba, na hindi mahanapan ng mali. Habang tumatagal ang kanilang pananampalataya, lalo silang nagiging espirituwal. Ang tunay nilang iniisip sa kanilang puso, sinasabi lamang nila sa kanilang pamilya sa likod ng mga nakasarang pinto, at ang ilan ay hindi nagsasabi kahit sa kanilang pamilya, kaya walang makakilatis sa kanila. Ngunit may nakakalimutan silang isang bagay: Ano ba ang silbi kung nakikilatis man sila ng mga tao o hindi? Hindi ito mahalaga; walang tao ang makapagpapasya sa kapalaran ng ibang tao. Hindi mahalaga kung makilatis man sila ng mga tao o hindi; wala itong kaugnayan at wala itong itinatakda. Ang mahalaga ay hindi lamang tinitingnan ng Diyos ang panlabas na pag-uugali ng mga tao, kundi

pinagmamasdan din Niya ang kaibuturan ng kanilang puso. Dahil mismo hindi pinaniniwalaan at hindi alam ng mga anticristo na nakikita ng Diyos ang kaloob-looban ng puso ng tao, hangal at katawa-tawa nilang iniisip na, “Walang puwedeng makialam sa aking saloobin sa puso ko, hindi ang mga tao o ang diyos.” Kayang pagmasdan ng Diyos ang kaloob-looban ng puso ng tao, kaya may kaugnayan ang iyong mga iniisip sa depinisyon ng Diyos sa iyo. Hindi lamang kinokondena ng Diyos ang mga tao batay sa kanilang panlabas na pag-uugali, kundi ang mas mahalaga, batay sa kanilang mga panloob na kaisipan. Dito nagiging hangal ang mga anticristo; habang tinitiktikan nila ang mga salita ng Diyos, nalilimutan nila ang isang mahalagang bagay: lihim ding nagmamasid ang Diyos sa kanilang mga iniisip. Tinitiktikan nila kung natutupad ba ang mga salita ng Diyos, at ang nagiging kongklusyon nila ay na dapat nilang itatwa ang mga salita ng Diyos at ang Kanyang pag-iral. Habang lihim na nagmamasid sa kanila, nakikita ng Diyos ang saloobing pinanghahawakan nila tungkol sa Diyos at sa mga salita ng Diyos sa kaibuturan ng kanilang puso; nakikita Niya ang lahat ng ebidensiya ng kanilang paninirang-puri at paglapastangan sa Diyos, pagtatwa at pagkondena sa Diyos, at namamasdan din Niya ang panlabas na pag-uugali na dulot ng lahat ng kaisipan at pananaw na ito. Batay sa kanilang mga kaisipan at pag-uugali, paano tinutukoy ng Diyos ang gayong tao sa huli? Isang anticristo, isang kaaway ng Diyos, na hindi kailanman maliligtas. Ito ang resulta. Matatalino ba ang mga anticristo? Malayo sila sa pagiging matalino; ipinahamak nila ang kanilang sarili. Naniniwala sila na napakahusay nilang mag-isip, na napakalohikal ng kanilang pag-iisip, at na napakahusay nila sa pagpapakana. Pagkatapos magpakana, mayroon silang mga kontra-hakbang at pamamaraan para sa iba’t ibang hindi inaasahang pangyayari at para sa lahat ng bagay na ginagawa ng Diyos, na palaging humahantong sa mga pinakamainam na resulta at pakinabang. Madalas silang nasisiyahan at humahanga sa kanilang sarili, pinahahalagahan ang kanilang sariling mga abilidad at kasanayan. Naniniwala sila na sila ang pinakamatalinong tao sa mundo: Nauunawaan nila kung ano ang pinagmulan ng mga salita ng Diyos, kung kanino nakatuon ang mga ito, ang konteksto sa likod ng mga salita ng Diyos, kung anong saloobin ang dapat nilang panghawakan pagkatapos matupad ang mga salita ng Diyos, at kung anong mga kontra-hakbang ang dapat nilang gamitin kung hindi matutupad ang mga salita ng Diyos. Madalas silang nagagalak sa kanilang sariling kasuwertehan sa pagiging napakatalino at perpekto, sa pagiging mas matalino kaysa sa karaniwang tao. Bakit sila nagagalak sa kanilang sariling pagkamautak? Pakiramdam nila, ang pagsisiyasat, pagsusuri, at pakikipagtagisan sa Diyos at paniniktik sa mga salita ng Diyos sa kaibuturan ng kanilang puso ay sobrang kapana-panabik at nagbibigay sa kanila ng malaking pakiramdam ng tagumpay. Samakatwid, talagang hinahangaan nila ang kanilang sarili at nagagalak sa kanilang sariling kasuwertehan sa pagiging gayong uri ng mga tao. Hindi ba’t hangal ang mga anticristo? Maaari mo ngang malaman sa pamamagitan ng pakikipagtagisan sa ibang tao kung sino sa inyo ang mas nakahihigit, at maaari mo pa ngang maramdaman ang sarili mong kalamangan at pag-iral. Ngunit

kapag nakikipagtagisan ka sa Diyos, kapag tinitiktikan mo ang mga salita ng Diyos, ang mga kilos ng Diyos, ang lahat ng ginagawa ng Diyos, ano ang tawag doon? At ano ang mga kahihinatnan nito? Ito ay pagtawag sa kamatayan! Maaari mong tiktikan ang mga artista, mang-aawit, sikat na tao, mga dakilang tao—ang kahit sino, ngunit ang tiyak na hindi mo dapat tiktikan ay ang Diyos. Kung gagawin mo ito, mali ang pinipili mong pakay para sa iyong paniniktik. Sa mundo ngayon ng makabagong impormasyon at iba't ibang kasangkapan na nagpapadali sa daloy ng impormasyon, ang paniniktik sa kinaroroonan ng ibang tao, sa kanilang mga kaisipan at pananaw, at kanilang pang-araw-araw na buhay ay maaaring hindi maituturing na kahiya-hiya. Gayumpaman, para sa isang taong nananampalataya at sumusunod sa Diyos, na nagtataguyod sa mga salita ng Diyos at kumakain at umiinom ng mga ito araw-araw, ang palagiang tiktikan ang lahat ng kilos ng Diyos, lahat ng salita ng Diyos, at lahat ng gawain ng Diyos sa kaibuturan ng kanilang puso, ito ay isang mapangahas na pagsuway! May mga tiwaling disposisyon ang mga tao; kapag ibinunyag mo ang iyong katiwalian sa harap ng Diyos, maaari kang tustusan ng Diyos ng katotohanan para makaunawa at makaalam ka, binibigyan ka ng panahon para magkamit ng pagbabago. Maaaring patawarin at hindi tatandaan ng Diyos ang katiwalian, mga pagsalangsang, at mga kasalanan ng mga tao. Ang tanging hindi kayang patawarin o tiisin ng Diyos ay na walang pusong nagpapasakop ang mga anticristo, na palagi nilang sinisiyasat ang Diyos, gayundin ang palagian at patuloy nilang paniniktik sa gawain ng Diyos at sa mga salita ng Diyos sa lahat ng oras at lugar. Ano ang sinusubukan mong gawin? Gusto mong subukin ang pagiging tama ng Diyos? Para kanino mo iyon ginagawa? Gusto mong suriin ang pinagmulan at motibo kung bakit ginagawa ng Diyos ang mga bagay na ito? Sino ka ba sa akala mo? Sa kabila ng lahat ng ito ay hindi mo pa rin itinuturing ang sarili mo bilang isang tagalabas? Maaari bang maging pakay ang Diyos ng iyong paniniktik? Maaari bang maging pakay ang Diyos ng iyong pagsisiyasat? Ang pagtanggap mo sa pagsisiyasat ng Diyos, pagtanggap sa gabay ng Diyos, pagtanggap sa paghatol at pagkastigo ng Diyos, pagtanggap na mapungusan Niya, at lahat ng gayong positibong pagsasagawa na may kinalaman sa pagbabago ng disposisyon—marapat ang mga ito. Kahit minsan mali ang pagkakaunawa mo sa Diyos, kapag mahina at negatibo ka at nagrereklamo tungkol sa Diyos, hindi ito minamasama ng Diyos, ni hindi ka Niya kinokondena. Ngunit may isang bagay: Palagi mong tinitiktikan ang Diyos, palagi mong sinusubukang kilatisin ang kawastuhan ng mga salita ng Diyos at ng gawain ng Diyos—isang bagay ito na hinding-hindi patatawarin o kukunsintihin ng Diyos; ito ang disposisyon ng Diyos. Ang tunay na mga tiwaling tao ay hindi mga hayop; hindi nila kinontra ang Diyos nang ganito, ni wala silang gayong mga pananaw at saloobin, ni hindi nila tinatrato ang Diyos sa ganitong paraan. May isang bagay lamang, isang papel, na maaaring mapangahas at hayagang tumindig laban sa Diyos, at si Satanas iyon. Hindi tinatandaan ng Diyos ang mga pagsalangsang at katiwalian ng mga tao, ngunit hindi kailanman mapapatawad ng Diyos ang paglaban, pagkompronta, paglapastangan, at paninirang-puri ni Satanas sa Diyos. Inililigtas lamang ng Diyos ang

mga tiwaling tao, hindi si Satanas. Ang mga anticristo, na hindi nagbabago ang kalikasan at nagtataglay ng diwa ng mga anticristo, ay maaaring kumatawan kay Satanas, tumitindig laban sa Diyos sa ngalan ni Satanas, tinitiktikan ang mga salita ng Diyos. Ano ang saloobin ng Diyos sa kanila? Isang saloobin ng pagsumpa at pagkondena. Hindi mapigilan ng mga anticristo ang pagkilos nang ganito, at tinatawag nila ang kamatayan.

3. Paniniktik sa mga Salita ng Diyos na Nagpopropesiya ng mga Kalamidad

Ngayon lang, nagbahaginan tayo sa dalawang aytem tungkol sa mga anticristo na tinitiktikan kung natutupad ba ang mga salita ng Diyos: Ang isang aytem ay tungkol sa mga salita ng mga pangako at pagpapala ng Diyos, at ang isa pa ay tungkol sa mga salita ng pagsumpa at pagparusa ng Diyos sa tao. Susunod, tingnan natin ang ikatlong aytem, ang mga salita ng Diyos na nagpopropesiya ng mga kalamidad. Tulad ng naunang dalawang aytem, pareho rin ang saloobin ng mga anticristo tungkol sa ganitong uri ng mga salita: Mausisa sila, nais nilang siyasatin, unawain, at makita rin ang araw kung kailan magkakatatotoo ang mga salitang ito, na masaksihan ang paglitaw ng mga katunayan. Sa pagtrato sa mga ganitong uri ng salita, ang mga anticristo ay nagpapakana rin sa kaibuturan ng kanilang puso, nag-iisip ng mga kontra-hakbang at nagkakaroon ng iba't ibang pagdududa. Pinagmamasdan at sinusubok nila kung nagkakatatotoo ang ganitong uri ng mga salita upang makabuo sila ng mga kaukulang kontra-hakbang. Kapag binabasa ng mga anticristo ang mga salitang ito na nagpopropesiya ng mga kalamidad, napupuno ng pananabik ang puso nila para sa araw na matutupad ang mga kalamidad, at puno sila ng iba't ibang imahinasyon. Umaasa sila na magkakatatotoo ang mga salita ng Diyos at umaasa rin sila na ang pagdating ng mga kalamidad ay magpapalawak ng kanilang mga pananaw, matutugunan ang kanilang mga kahilingan at pagnanais. Bakit ganito? Dahil ang mga kalamidad na ipinopesiya ng Diyos ay pawang may kaugnayan sa pagsasakatuparan ng dakilang gawain ng Diyos, sa araw ng pagkaluwalhati sa Diyos, sa pagkakadala paitaas ng mga banal, sa pagpasok ng sangkatauhan sa isang kamangha-manghang hantungan, at iba pa. Samakatwid, higit pang puno ng pananabik at pagkamausisa ang mga anticristo tungkol sa bahaging ito ng mga salita ng Diyos na nagpopropesiya ng mga kalamidad. Kung ikukumpara sa unang dalawang aytem, mas interesado pa ang mga anticristo sa ganitong uri ng mga salita. Sa puso ng mga anticristo, naniniwala sila na kung may makakapagdulot ng sakuna, tulad ng lindol, salot, pananalakay ng mga insekto, pagbaha, pagguho ng lupa, o ng iba pang natural na sakuna, kung gayon, ang entidad na iyon ay isang napakamakapangyarihang entidad, nagtataglay ng dakilang abilidad, at karapat-dapat sa kanilang pagsunod, pagsamba, at pagtitiwala. Samakatwid, gayundin, ginagawa ring pamantayan ng mga anticristo kung nagkakatatotoo ba ang mga gayong salita tulad ng mga propesiya ng Diyos ng mga kalamidad para masukat kung ang Diyos ay tunay nga na Diyos. Pinanghahawakan nila nang mahigpit ang ganitong uri ng lohikal na pag-iisip, ideya, at pananaw sa puso nila, naniniwala sila na ang pananaw na ito ay tama, wasto,

at isang matalinong hakbang. Kaya, mula sa araw na nagsimula silang sumunod sa Diyos, mula sa sandaling nakita nila ang mga salita ng Diyos na nagpopropesiya ng mga kalamidad, iniisip-isip na ito ng mga anticristo sa kanilang puso. Inaalala nila ang tungkol sa kung ano ang sinasabi sa mga salita ng Diyos—kailan darating ang mga huling araw, kailan maisasakatuparan ang dakilang gawain ng Diyos, paano kakastiguhin ng Diyos ang sangkatauhan, anong uri ng mga kalamidad ang idudulot ng Diyos upang parusahan at lipulin ang sangkatauhan, anong pamamaraan ang gagamitin ng Diyos upang isadlak ang sangkatauhan sa mga kalamidad, at kung paanong ang mga sumusunod lamang sa Diyos at nakakakuha ng Kanyang pagsang-ayon ang makakaiwas at makakatakas sa mga gayong kalamidad, at hindi magdurusa sa mga pagpapahirap ng mga gayong kalamidad. Itinuturing ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos na nagpopropesiya ng mga kalamidad bilang napakahalaga, sinusuri ang mga ito sa puso nila at kinakabisado at binibigkas ang mga ito sa kanilang isipan. Tinatandaan nila ang bawat salitang may kaugnayan sa mga kalamidad, at pinagbubulay-bulayan din nila kung kailan at paano magkakatotoo ang mga propesiya ng Diyos tungkol sa mga kalamidad. Pinagbubulayan nila kung ano ang mangyayari sa kanila kung magkakatotoo nga ang mga propesiyang ito, at kung ano ang gagawin nila kung hindi magkakatotoo ang mga ito. Mula nang makita nila ang mga propesiyang ito, tila nakahanap ang mga anticristo ng isang bagay na pagsisikapan, ng isang direksiyon at isang layon, sa pananampalataya nila sa Diyos. Habang naghihintay na sumapit ang mga kalamidad, hinahanda rin nila ang kanilang sarili sa lahat ng paraan. Upang maprotektahan ng Diyos kapag dumating ang malalaking kalamidad, ipinapangaral nila ang ebanghelyo, tinatalikdan ang kanilang mga trabaho at pamilya. Kasabay nito, upang makaligtas kapag sumapit na ang mga kalamidad, madalas silang nananalangin nang mapagpakumbaba sa Diyos, umaasa na magkakatotoo ang mga salita ng Diyos sa lalong madaling panahon, na maisasakatuparan nang mabilis ang lahat ng nais na makamit ng Diyos, na magkakamit ang Diyos ng kaluwalhatian at hindi matatagalan ay makakapagpahinga na Siya, at na malapit na silang magtamasa ng mga pagpapala ng kaharian ng langit. Mula sa lahat ng pananaw na ito ng mga anticristo, mula sa mga salita at panalangin na madalas nilang binibigkas, tila sabik ang mga anticristo sa pagsasakatuparan ng dakilang gawain ng Diyos at sa maagang pamamahinga ng Diyos. Gayumpaman, ang hindi alam ng mga tao, sa likod ng mga pag-asang ito ay nakatago ang masasamang layunin ng mga anticristo. Umaasa sila na sa pamamagitan ng mga gayong panalangin at huwad na pagpapakita, maiiwasan nila ang mga kalamidad at magagawang kanlungan ang Diyos. Habang naghahanda sila para sa lahat ng ito, umaasa rin sila na darating kaagad ang mga kalamidad at na malapit nang magkatotoo ang mga salita ng Diyos na nagpopropesiya ng mga kalamidad. Sa loob ng hangganan ng kaya nilang tiisin, patuloy silang nagbabayad ng halaga, gumugugol ng kanilang sarili, nagdurusa, at nagtitiis gaya ng dati, pinipiga ang kanilang utak para magpakitang-gilas sa lahat. Gusto nilang kilalanin ng lahat kung gaano kalaki ang halagang ibinayad nila para ipangaral ang ebanghelyo, kung gaano katindi ang diskriminasyon at pang-uusig

na tiniis nila, at ang malaking sakripisyong ginawa nila sa paghihintay para sa araw na ito. Umaasa sila na kapag nakita ng Diyos ang pagdurusang tiniis nila at ang halagang ibinayad nila, ililigtas Niya sila sa anumang kalamidad kapag sumapit na ito. Kasabay nito, dahil sa halagang ibinayad nila, umaasa sila na masuwerteng mapabilang sa mga taong magkakaroon ng magandang hantungan at mapagpapala pagkatapos ng mga kalamidad. Sa kaibuturan, tahimik at hindi halatang kinakalkula ng mga anticristo ang lahat ng ito. Sa wakas, isang araw, dahil sa isang maliit na insidente, nakaranas ng pagkabigo ang mga anticristo, at tila kinondena ang kanilang mga kilos at asal. Ibig sabihin, malapit nang mawasak ang kanilang mga pag-asa at pantasya, malapit nang hindi matupad ang kanilang mga pagnanais. Sa sandaling ito, ano ang unang naiisip ng mga anticristo sa kaibuturan ng kanilang puso? “Napakarami ko nang ibinigay, nagdusa ako nang labis, nagtiis ako nang napakaraming araw, nanampalataya ako sa loob ng napakaraming taon, ngunit hindi ko pa nakita na nagkakatotoo ang anumang salita ng diyos na nagpopropesiya ng mga kalamidad. Talaga bang maghahatid ng mga kalamidad ang diyos? Tutuparin ba ng diyos ang ipinagdarasal at hinihintay natin? Nasaan ba mismo ang diyos? Ililigtas ba talaga niya tayo o hindi? Umiiral ba talaga ang mga kalamidad na binanggit ng diyos? Kung hindi umiiral ang mga ito, dapat umalis na lang tayong lahat dito. Ang diyos na ito ay hindi maaaring paniwalaan, walang diyos!” Ito ang limitasyon ng mga anticristo. Isang maliit na problema, marahil isang di-sinasadyang salita ng pagkondena at paglalantad mula sa ibang tao, ang nakasagi sa kanilang sensitibong bahagi, at pagkatapos ay sumasabog sila sa galit, hindi na makapagpigil o makapagpanggap pa. Ang unang ginagawa nila ay sumiklab sa galit, itinuturo ang mga salita ng Diyos at sinasabing: “Kung hindi magkakatotoo ang mga salita mo, kung hindi mangyayari ang mga kalamidad na sinabi mo, hindi na ako maniniwala sa iyo. Sa simula, dahil lamang sa mga salitang ito na nagpopropesiya ng mga kalamidad kaya ako nangaral ng ebanghelyo, nagbayad ng halaga, at gumawa ng aking tungkulin. Kung wala ang mga salitang ito, hinding-hindi ako mananampalataya sa iyo! Dahil sa mga salitang ito, dahil sa nalalapit na mga kalamidad, kaya ako naniwala na ikaw ay diyos. Pero ngayon, pagkatapos magdusa nang labis, hindi pa nangyayari ang mga kalamidad na sinabi mo. Napakarami sa mga hindi mananampalataya ang gumagawa ng kasamaan, pero wala sa kanila ang naparusahan—wala ni isa sa kanila ang nasadlak sa mga kalamidad. Namumuhay pa rin sila sa kasalanan, nagsasaya sa kanilang buhay, samantalang nagkokonsesyon ako sa loob ng maraming taon, hinihintay ko lang ang araw na magkakatotoo ang iyong mga salitang nagpopropesiya ng mga kalamidad. Pero ano ang nagawa mo, o diyos? Alang-alang sa aming masidhing pananabik, hindi ka kailanman nagpakita ng anumang tanda o hiwaga, hindi kailanman naghahatid ng anumang kalamidad, upang makita namin, upang palakasin ang aming pananalig, upang patibayin ang aming katapatan. Bakit hindi mo ginagawa ang mga gayong bagay? Hindi ba’t diyos ka? Napakahirap bang maghatid ng mga kalamidad para parusahan ang masamang mundong ito, ang masamang sangkatauhang ito? Gusto lang naming patatagin ang aming pananalig sa pamamagitan

ng katuparan ng mga bagay na ito, pero sadyang hindi ka kumikilos. Kung hindi ka kikilos, hindi na namin kayang manampalataya sa diyos; wala kaming anumang makakamit, at walang saysay na manampalataya pa sa diyos. Hindi na kailangan pang manampalataya, hindi na kailangan pang gawin ang aming mga tungkulin, hindi na kailangan pang ipangaral ang ebanghelyo.” Sa pagharap sa isang maliit na problema, sa pagharap sa kaunting paghihirap o kawalan ng kasiyahan sa buhay, maaaring mabunyag ang tunay na kulay at iniisip ng mga anticristo sa kanilang kaloob-looban sa anumang oras at lugar, na talagang nakakatakot. Kung kailan sasapit ang mga kalamidad, kung magkakatotoo ba ang mga salita ng Diyos na nagpopropesiya ng mga kalamidad, kung paano at kailan magkakatotoo ang mga ito, itinatakda ng Diyos ang lahat ng ito. Kapag sinasabi ng Diyos sa mga tao ang mga bagay na ito, ito ay upang bigyan sila ng karangalan, upang tratuhin sila bilang mga tao—hindi upang gamitin ang mga salitang ito bilang paraan para magkaroon ng kalamangan laban sa Diyos at hatulan Siya. Nagkakamali ang mga anticristo sa paniniwala na dahil nagsalita ang Diyos ng mga salitang ito, dapat Niyang tulutan ang mga tao na makita ang mga ito na magkatotoo habang sila ay nabubuhay pa; kung hindi, walang bisa ang mga salita ng Diyos. Ang diyos na may mga salitang maaaring mawalan ng bisa ay hindi dapat ituring na diyos, hindi karapat-dapat na maging diyos, at hindi karapat-dapat na maging kanilang diyos; ito ang lohika ng mga anticristo.

Mula sa simula hanggang wakas, nais lamang ng mga anticristo na samantalain ang mga salitang ito ng Diyos na nagpopropesiya ng mga kalamidad. Ang mga salitang ito ang nagbigay-inspirasyon sa kanila, dahil sa mga ito ay naisip nilang gamitin ang mabubuting pag-uugali ng tao at lahat ng kanilang sakripisyo at ang mga pagdurusa ng laman para ipagpalit sa pagpapala na makaiwas sa mga kalamidad. Sa buong panahong ito, ang tanging pakay nila ay makaiwas sa mga kalamidad at makapagtamo ng mga pagpapala. Hindi nila kailanman tunay na itinuring na Diyos ang Siyang nagpahayag ng mga salitang ito. Mula simula hanggang katapusan, palaging laban sa Diyos ang mga anticristo, palaging sinusubok at sinusukat ang Diyos bilang isang paraan para tiktikan ang mga salita ng Diyos. Kung magkatotoo ang mga salita ng Diyos at napalawak ang kanilang mga pananaw, nagkakatotoo ayon sa kanilang panlasa, mga pananaw, at mga pangangailangan, kung gayon, itinuturing nilang Diyos ang Diyos. Ngunit kung salungat ito sa kanilang mga kahilingan, pananaw, at pangangailangan, ang Siyang nagpahayag ng mga salitang ito ay hindi nila itinuturing na Diyos. Ito ang pananaw na pinanghahawakan ng mga anticristo. Malinaw na sa kaibuturan, hindi nila kailanman kinilala na ang Diyos ang Lumikha, ni kinilala ang katunayan na ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay. Pagkatapos dumaan sa mga sunod-sunod na pakikibaka, magtiis nang mapagpasensiya, at magtalo ang kanilang kalooban, natutunan ng mga anticristo ang isang aral: “Hindi dapat basta-bastang limitahan ang mga salita ng diyos, ni maaaring basta-basta at walang kabuluhang gamitin ang katuparan ng mga salita ng diyos bilang pamantayan para sukatin ang kanyang pagkakakilanlan at diwa. Hindi pa tayo sapat na nahubog at kailangan pa nating patuloy na magtiis, na palawakin ang ating

isipan. Gaya ng mga kasabihan, ‘Maaaring maglayag ang isang bangka sa lawak ng puso ng isang punong ministro’; ‘Kung may buhay, may pag-asa.’ Ano naman kung hindi magkatotoo ang mga salitang ito? Walang problema. Nakayanan ko na ang lahat ng ito sa lahat ng mga taon na ito; marahil kung magtitiis ako ng ilang taon pa, magkakatotoo ang mga salita ng diyos, at may makakamit ako. Titiisin ko na lang ito nang kaunti pa, susugal pa ako. Hindi ako puwedeng magalit; kung hindi, masasayang ang lahat ng aking naging pagsusumikap, at mawawalan ng saysay ang lahat ng pagdurusang tiniis ko. Iyon ay magiging malaking kawalan! Kung ihahayag ko na ngayon ang aking mga iniisip, kung titindig ako para itatwa, kuwestiyunin, at akusahan ang diyos, hindi iyon magiging matalinong hakbang. Dapat akong patuloy na magbayad ng halaga, magtiis ng paghihirap, at patuloy na magtiis. Ang pariralang ‘Ang siyang nagtitiis hanggang wakas ay maliligtas’ ay hindi dapat kalimutan. Ang kasabihang ito ay totoo sa lahat ng oras at nananatiling ang pinakamataas na katotohanan. Dapat kong itaguyod ang kasabihang ito at palaging itanim ito sa aking puso.” Pagkatapos ng isang panahon ng pagiging negatibo at pananahimik, sa wakas ay “tumindig” na muli ang mga anticristo.

Sa proseso ng paggawa ng kanilang mga tungkulin sa sambahayan ng Diyos, nagsasagawa ng iba’t ibang uri ng gawain ang mga anticristo habang naglilingkod sa iba’t ibang papel. Tila walang pagbabago sa panlabas, ngunit habang tumatagal ang pananampalataya nila sa Diyos, at habang tumatagal ang pagsunod nila sa Kanya, lalo pang binubusisi ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos na nagpopropesiya ng mga kalamidad. Bakit ganito? Kapag mas matagal na ang pananampalataya nila sa Diyos, nangangahulugan ito na mas marami na silang isinakripisyo, mas marami na silang tinalikdan, at mas kaunti na ang kanilang paraan para makabalik sa sekular na mundo. Kaya naman, tungkol sa mga salitang ito na nagpopropesiya ng mga kalamidad, lalo pa at hindi namamalayang iniisip ng mga anticristo na, “Sana totoo ang lahat ng ito. Dapat magkatotoo ang lahat ng ito.” Itinuturing nila ang “dapat” na ito at ang matibay na pananampalatayang ito bilang kanilang tunay na pananalig sa Diyos. Itong diumano’y tunay na pananalig na ito ang nagtutulak sa kanila na gawin ang kanilang mga tungkulin, na magdusa at magbayad ng halaga, na magtiis nang higit pa, gaya lamang ng sinasabi ng mga walang pananampalataya: “Kailangan mong itaya ang lahat para manalo.” Habang pinanghahawakan ang gayong paniniwala, tinitiktikan ng mga anticristo ang araw kung kailan magkakatotoo ang mga salita ng Diyos. Sa wakas, dumating na ang araw na iyon—patuloy na nangyayari ang mga sakuna at kalamidad sa mundong ito, nagaganap sa iba’t ibang sulok, sa iba’t ibang bansa at sa iba’t ibang lahi. Ang mga sakuna na ito, malaki at maliit, ay kumikitil ng maraming buhay, binabago ang kapaligirang tinitirhan ng maraming tao, binabago ang ekolohikal na kapaligiran, binabago ang maraming iba’t ibang estruktura at paraan ng pamumuhay sa lipunan, at iba pa. Gayumpaman, kahit anong mangyari, sa mga mata ng mga anticristo, nagkakatotoo pa rin nang kaunti ang mga salita ng Diyos, na siyang pinakakasiya-siyang bagay sa kaibuturan ng kanilang puso. Pakiramdam nila na pagkatapos ng lahat ng taon na ito, hindi sila nagtiis o naghintay

sa wala, at sa wakas ay nasaksihan nila ang araw at yugto kung kailan nagkakatatotoo ang mga salita ng Diyos. Pero nararamdaman nilang hindi sila dapat panghinaan ng loob o sumuko; kailangan nilang patuloy na magtiis at maghintay. Ano ang pinaka-ipinag-aalala ng mga anticristo sa kaloob-looban nila, gaano man sila nagtitiis o naghihintay? Ito iyon: “Ang mga propesiya ng taggutom, salot, at lindol ay nagkakatatotoo na, pero kailan magkakatatotoo ang mga propesiya tungkol sa malalaking kalamidad?” Sa isang banda, naniniwala ang mga anticristo na unti-unting nagkakatatotoo ang bahaging iyon ng mga salita ng Diyos, habang sa kabilang banda, nagdududa sila: “Hindi ba’t mga natural na sakuna lamang ang mga sakunang ito? Patuloy na nagaganap sa buong kasaysayan ang mga sakuna. Katuparan ba ng mga salita ng diyos ang mga paglitaw ng mga sakuna na ito? Kung hindi, ano ang mga ito? Hindi ako dapat mag-isip nang ganito; dapat maniwala sa mga salita ng diyos ang isang mananampalataya sa diyos. Pero ganoon ba kadalang natutupad ang mga salita ng diyos? Paano ito ginawa ng diyos? Bakit hindi ko nakitang ginawa niya ito? Bakit hindi ko alam ang tungkol dito? Kung gawa ito ng diyos, dapat na makita ito ng kanyang mga mananampalataya, dapat silang bigyan ng diyos ng mga pangitain. Pero hindi namin nakita ang kamay ng diyos, ni narinig ang tinig ng diyos. Kung gayon, maaari kayang nagkataon lamang ang mga pangyayaring ito? Hindi ako dapat mag-isip nang ganito; puwedeng magpahina sa akin ang mga ganitong kaisipan. Kailangan ko pa ring maniwala na katuparan ng mga salita ng diyos ang lahat ng ito; ituturing ko na lamang ito bilang kataas-taasang kapangyarihan ng diyos, bilang mga salita ng diyos na nagkakatatotoo, hindi nagkataon lamang. Sa ganitong paraan, mas napapanatag ang puso ko.” Pakiramdam nila ay napakatalino ng pag-iisip sa ganitong paraan at na nasuri nila nang maayos ang sitwasyon, nagawa nilang hindi pagdudahan ang Diyos habang pinatatatag din ang sarili nilang pananalig, at pinapakalma rin ang labis na pagkabalisa at pagnanais sa loob ng kanilang puso. Habang gumagawa ng mga pansamantalang konsesyon at kompromiso, hinihintay ng mga anticristo ang pagsapit ng malalaking kalamidad. “Kailan darating ang malalaking kalamidad? Kapag dumating ang mga ito, madadala paitaas sa himpapawid ang mga banal, pero saan mismo mangyayari iyon? Paano ito mangyayari? Lilipad ba sila o iaangat ng kamay ng diyos? Kapag nangyari ang malalaking kalamidad, tataglayin pa rin ba ng mga tao ang kanilang pisikal na katawan? Suot pa rin ba nila ang kanilang mga kasalukuyang damit? Mamamatay na ba ang lahat ng walang pananampalataya? Magiging anong klaseng kalagayan o sitwasyon iyon? Hindi ito kayang isipin ng mga tao. Mas mabuti pang huwag ko na lang isipin ito sa ngayon. Maniniwala na lang ako na siguradong magkakatatotoo ang mga salita ng diyos. Pero puwede ba talagang magkakatatotoo ang mga ito? Kailan darating ang araw na iyon?” Patuloy nilang tinatanong ang kanilang sarili ng mga katanungang ito, paulit-ulit na nagdududa. Dahil malapit na nauugnay at malalim na konektado ang mga kalamidad na ito sa kanilang kinabukasan at tadhana, naniniwala ang mga anticristo: “Dapat palagi akong maging mapagbantay tungkol sa pagtupad ng propesiya tungkol sa kung kailan babagsak ang malalaking kalamidad, dapat ko itong

isaisip palagi para hindi ko mapalampas ang pagkakataon ko at hindi ako mabigong magtamo ng mga pagpapala.” Ano ang perspektiba nila, kung gayon? “Kailangan kong ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng lugar, masigasig na gawin ang aking mga tungkulin, iwasan ang pagsasanhi ng mga pagkagambala o kaguluhan o pagkakamali, at manatiling mababang-loob, nang hindi nagiging mayabang. Hangga’t hindi ako nagkakamali at hindi pinapatalsik sa iglesia, sapat na iyon. Tiyak na makakarating ako sa kanlungan; ito ang pangako ng diyos—sino ang makakaagaw nito?” Kapag unti-unti nang bumababa ang maliliit na sakuna, at nasasadlak sa mga sakuna ang buong sangkatauhan, nagiging payapa at matiwasay ang mga anticristo sa kaloob-looban nila. Kasabay nito, inaasam nila ang pagdating ng malalaking kalamidad at ang araw ng pagkakadala paitaas sa mga banal. Sa kabila nito, patuloy na tinitiktikan ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos na nagpopropesiya ng mga kalamidad. Ang gayong pag-uusisa, sa pananaw ng Diyos, ay katulad ng pag-uusisa ni Satanas. Nakikita Niya ito bilang pagdududa, pagtatatwa, paninirang-puri, at pagsusuri sa pagiging tama ng Diyos. Ito ay pagkuwestiyon sa pagkakakilanlan ng Diyos, pagdududa sa awtoridad at pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos, at pagdududa sa katapatan ng Diyos. Hindi pinahihintulutan ng Diyos na mangyari ang mga gayong bagay, ni pinahihintulutan ang gayong mga tao na umiral, at tiyak na hindi Niya ililigtas ang mga gayong tao. Iniisip ng mga anticristo na ang kanilang mga kontra-hakbang, na lihim na binuo at kinalkula sa kanilang puso, ang pinakamatalino at pinakatago. Hindi nila alam na nakikita ng Diyos ang lahat ng kanilang iniisip at na kinokondena sila ng Diyos. Ito ang sinasabi ng Diyos: “Marami ang mangagsasabi sa Akin sa araw na yaon, ‘Panginoon, Panginoon, hindi baga nagsipanghula kami sa Iyong pangalan, at sa pangalan Mo ay nangagpalayas kami ng mga demonyo, at sa pangalan Mo ay nagsigawa kami ng maraming gawang kamangha-mangha?’ At kung magkagayon ay ipahahayag Ko sa kanila, ‘Kailanman ay hindi Ko kayo nangakilala: magsilayo kayo sa Akin, kayong manggagawa ng katampalasanan’” (Mateo 7:22–23). Tahimik na sinasabihan ng Diyos ang mga taong ito sa Kanyang puso: Lumayo kayo sa Akin, kayong mga gumagawa ng katampalasanan. Tinitiktikan ninyo ang Aking mga kilos, tinitiktikan ninyo ang Aking mga salita. Hindi kailanman maliligtas ang mga gayong tao. Isang nakakatakot na bagay na tinatrato ng mga anticristo bilang kanilang layon na hahangarin at isang pamantayan kung nagkakatotoo ba ang mga salita ng Diyos na nagpopropesiya ng mga kalamidad upang suriin ang pagiging tama ng Diyos; masamang gawa rin ito.

Tungkol naman sa kung magkakatotoo ba ang ilang aspekto ng mga salita ng Diyos, kung paano magkakatotoo ang mga ito, at kailan at saan magkakatotoo ang mga ito, may sariling mga pamamaraan ang Diyos. Dahil lamang sa biyaya ng Diyos kaya nagiging mapalad ang mga tao na marinig ang mga salitang ito mula sa Diyos. Ang layon ng Diyos sa pagsasabi ng mga salitang ito ay hindi para gamitin ng sangkatauhan ang mga ito upang igapos ang Diyos, suriin ang pagiging tama ng Diyos, o kumpirmahin ang pagkakakilanlan ng Diyos. Sinasabi ng Diyos ang mga salitang ito para ipaalam lamang

sa sangkatauhan na gagawin Niya ang mga bagay na ito, pero hindi kailanman sinabi ng Diyos sa sinuman, “Gagawin Ko ito sa ganitong paraan, sa mga taong ito, sa oras na ito, at sa ganitong paraan.” Sa mga bagay na hindi sinabi ng Diyos sa sangkatauhan, mayroong malinaw na pahiwatig: Hindi kailangan malaman ng sangkatauhan, ni hindi sila kalipikadong makaalam. Samakatwid, kung palaging inuusisa ng mga tao ang mga usaping ito, palaging nag-iimbestiga, palaging nais gamitin ang mga usaping ito para magkaroon ng kalamangan sa Diyos, para husgahan at kondenahin Siya, kapag nagaganap ang mga penomenang ito, hindi namamalayang tumitindig ang sangkatauhan nang laban sa Diyos. Kapag tumitindig ka nang laban sa Diyos, hindi ka na itinuturing ng Diyos bilang isang tao. Ano ka na, kung gayon? Sa mga mata ng Diyos, ikaw ay isang Satanas, isang kaaway, isang diyablo. Ito ang bahagi ng disposisyon ng Diyos na hindi maaaring labagin ng tao. Kung hindi ito nauunawaan ng mga tao at palagi nilang ginagawan ng isyu ang mga salitang iprinopesiya ng Diyos, sinusubukang magkaroon ng kalamangan laban sa Diyos, hayaan mong sabihin Ko sa iyo, ito ay pagtawag ng kamatayan. Sa lahat ng oras, dapat alam ng mga tao kung sino sila at sa anong paraan, sa anong klaseng pangangatwiran, at mula sa anong perspektiba nila dapat tratuhin ang Diyos at ang lahat ng bagay tungkol sa Diyos. Kapag nawala ang pagkakakilanlan at posisyon ng mga tao bilang mga nilikha, nagbabago ang kanilang diwa. Kung ikaw ay naging isang hayop, maaaring hindi ka pansinin ng Diyos, sapagkat ikaw ay magiging isang bagay na may maliit na halaga. Ngunit kung ikaw ay naging isang diyablo at isang Satanas, manganganib ka. Ang pagiging isang diyablo at isang Satanas ay nangangahulugan ng pagiging kaaway ng Diyos, at mawawalan ka na ng pag-asa na mailigtas. Kaya, nais Kong sabihin sa lahat na naririto: Huwag usisain ang mga kilos ng Diyos, huwag tiktikan ang mga salita ng Diyos, huwag usisain ang gawain ng Diyos, at huwag usisain ang anumang may kinalaman sa Diyos. Isa kang tao, isang nilikha, kaya huwag mong suriin ang pagiging tama ng Diyos. Huwag ituring ang Diyos bilang isang pakay ng iyong pagsusuri at pagsisiyasat, ni bilang pakay ng iyong pag-uusisa. Isa kang nilikha, isang tao, kaya ang Diyos ang iyong Diyos. Anuman ang sabihin ng Diyos, iyon ang dapat mong tanggapin. Anuman ang sabihin ng Diyos sa iyo, iyon ang dapat mong tanggapin. Tungkol naman sa hindi sinabi sa iyo ng Diyos, ang mga bagay na iyon na may kinalaman sa mga hiwaga at mga propesiya, mga bagay na may kinalaman sa pagkakakilanlan ng Diyos, isang bagay ang tiyak: Hindi mo kailangang malaman ang mga ito. Walang pakinabang sa iyong buhay pagpasok ang pagkaalam sa mga ito. Tanggapin ang kaya mong maunawaan. Huwag hayaang maging hadlang ang mga ito sa iyong paghahangad na magbago ng disposisyon at sa iyong paghahangad ng kaligtasan. Ito ang tamang paraan. Kung tumitindig ang isang tao laban sa Diyos at patuloy na nag-uusisa tungkol sa mga bagay-bagay na may kinalaman sa Diyos, at kung patuloy siyang tumatangging magbago, matigas ang ulo na kumakapit, tinatrato ang Diyos sa ganitong paraan at saloobin, kung gayon, nagiging napakaliit ng kanilang pag-asa na maligtas. Tinitiktikan ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos na nagpopropesiya ng mga kalamidad—tapusin

na natin dito ang ating pagbabahaginan tungkol sa aytem na ito. At dumako na tayo sa susunod na aytem ngayon.

4. Paniniktik sa mga Salita ng Diyos Kung Kailan Niya Lilisanin ang Mundo at Kailan Matatapos ang Kanyang Dakilang Gawain

Ang ikaapat na aytem ay na tinitiktikan ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos tungkol sa kung kailan Niya lilisanin ang mundo at kailan matatapos ang Kanyang dakilang gawain. Hindi ito masyadong natalakay sa mga salita ng Diyos. Sa mga limitadong salitang ito, kung ang nilalaman ay isang paksa na partikular na alalahanin ng mga tao, gaano man ka-hindi halata o natatago ang mga salitang ito, mahahanap nila ang mga ito. Pagkatapos mahanap ang mga ito, minamarkahan nila ang mga ito gamit ang isang panulat, itinuturing ang mga ito bilang mahahalagang salita na dapat basahin. Ibinabahagi at binabasa nila ang mga salitang ito para balaan at aluin ang kanilang sarili sa tuwing may pagkakataon. Siyempre, para sa mga anticristo, ang mas mahalaga sa kanila ay hindi kung kailan lilisanin ng Diyos ang mundo o kung kailan matatapos ang Kanyang dakilang gawain, kundi ang mga katunayang nilalayan ng Diyos na maisakatuparan sa likod ng mga salitang ito. Ang pinakainaasam-asam ng mga anticristo sa kanilang puso ay ang personal na masaksihan sa buhay nila ang dakilang eksena ng paglisan ng Diyos sa mundo. Mangangahulugan ito na ang Diyos na kanilang sinunod ay ang tamang Diyos, hindi maling diyos ang napili nila, hindi rin sila nagkamali sa pinili nilang sundan. Kapag nakumpirma ang mga ito, naniniwala silang mas lalaki ang tsansa nila na mapagpala. Bukod dito, kung masasaksihan nila sa kanilang buhay ang eksena ng paglisan ng Diyos sa mundo at ang eksena ng pagtatapos ng dakilang gawain ng Diyos, ibig sabihin nito, magiging mas matibay ang pananalig nila, at susundan nila ang Diyos nang walang pag-aalinlangan. Ang makita ang eksenang ito ay mangangahulugan na ang kanilang mga dating pag-aalinlangan at hindi pagkaarok sa Diyos, at ang mga paninira, paghusga, at pagtangga na kanilang naranasan mula sa iba, ay mawawala na, hindi na sila mapipigilan ng mga ito. Sa isang banda, inaabangan ng mga anticristo ang pagdating ng araw na ito, at sa kabilang banda, pinagmamasdan nila ang kasalukuyang ginagawa ng Diyos sa lupa, kung malapit nang matapos ang Kanyang gawain, kung halos tapos na ang mga salitang kailangan Niyang sabihin, kung may tunay na katapatan ang mga taong sumusunod sa Kanya, at kung sila ay nagawa nang ganap. Sa pagmamasid sa mga taong sumusunod ngayon kay Cristo, napapansin ng mga anticristo na may mahinang pananalig ang karamihan sa mga tao, madalas magkamali sa paggawa ng kanilang mga tungkulin, at marami ang madalas na napupungusan dahil nagbunyag sila ng mga tiwaling disposisyon habang ginagawa ang kanilang mga tungkulin. Ang ilan ay ipinadala pa nga sa mga grupong B, ibinukod, o pinatalsik. Mula sa mga palatandaang ito, pakiramdam nila, “Ang araw ng pagtatapos ng dakilang gawain ng diyos ay tila malayo pa, sobrang nakakadismaya ito! Pero ano naman ang magagawa sa kawalan ng pasensya ng isang tao? Anong problema ang malulutas nito?”

Dahil ang mga anticristo ay hindi naniniwala sa mga salita ng Diyos, hindi tinatanggap ang katotohanan, walang espirituwal na pang-unawa, at hindi nauunawaan ang katotohanan, hindi nila masukat kung normal o hindi ang epekto ng gawain ng Diyos sa mga tao. Hindi nila maintindihan kung talagang nagkaroon ng epekto ang nagawa ng Diyos sa mga tao; kung tunay na makapagliligtas at makapagpapabago ng mga tao ang mga salita ng Diyos; kung ang mga tao, habang tinatanggap ang mga salitang ito, ay nagbago, tunay na may nakamit, o nakatanggap ng pagsang-ayon ng Diyos; ni kung maaaring makapasok sa kaharian ng langit at makatanggap ng mga pagpapala ang mga taong ito—at, hindi nila maunawaan o maipaliwanag ang mga katunayang namamasdan ng kanilang sariling mga mata. Nababalot ng hamog na hindi mapawi ang bawat pangyayaring nakikita nila, bawat pangyayaring iniisip nila. “Hindi maintindihan at mahirap makilatis ang lahat ng usaping ito, mahirap maarok. Tunay bang umiiral ang mga pangyayari ng paglisan ng diyos sa mundo at ang pagtatapos ng dakilang gawain ng diyos? Maaari ba talagang magkatotoo ang mga ito?” Sa isang banda, pinipilit ng mga anticristo ang kanilang sarili na maniwalang ang Diyos na sinusunod nila ay ang Diyos, pero kasabay nito, hindi nila maiwasang magduda: “Siya ba ay diyos? Tao siya, hindi ba? Hindi maganda ang mag-isip nang ganito. Karamihan sa mga tao ay naniniwala na diyos siya, kaya dapat din akong maniwala. Pero hindi, hindi ko makumbinsi ang sarili kong paniwalaan ito! Saan ko makikita na diyos siya? Kaya ba niyang tapusin ang dakilang gawain ng diyos? Kaya ba niyang gawin ang gawain ng diyos? Kaya ba niyang katawanin ang diyos? Kaya ba niyang tapusin ang plano ng diyos? Kaya ba niyang iligtas ang sangkatauhan? Kaya ba niyang akayin ang mga tao sa isang magandang hantungan?” Lahat ng kaisipang ito at ang iba pang mga katulad nito ay nagiging mga kandadong hindi mabuksan, hindi mabasag sa kaibuturan ng puso ng mga anticristo. Iniisip nila, “Ano ang dapat kong gawin? Gayumpaman, mayroong pinakamataas na prinsipyo: Maghintay at magtiis; ang siyang nagtitiis hanggang wakas ay maliligtas. Bagama’t hindi ko hinahangad ang katotohanan, may sarili akong mga tuntunin. Kung hindi aalis ang iba, hindi rin ako aalis. Kung susunod ang iba, susunod din ako. Susunod lang ako sa agos. Kung sasabihin ng lahat na diyos siya, tatawagin ko siyang diyos. Kung titigil ang lahat sa pananampalataya at itatakwil ang diyos, gagawin ko rin iyon. Ang batas ay hindi maipatutupad kapag lahat ay lumalabag, hindi ba?” Kapag nakikita nila na umaabot na sa rurok ang pagpapalaganap ng gawain ng Diyos, lihim silang nagagalak sa kanilang puso: “Buti na lang at hindi ako umalis noong lubusan akong nagdududa at nanghihina. Tingnan mo kung ano ang idinulot ng pananalig ko ngayon. Malapit na ang araw, at parami nang parami ang mga taong sumusunod sa diyos. Lalo na sa ibang bansa, sinisiyasat ng mga tao mula sa iba’t ibang bansa ang tunay na daan, at dumarami ang bilang ng mga mananampalataya. Ang sambahayan ng diyos ay gumagawa ng mas marami pang mga video, pelikula, himno, at patotoo, na umaakit ng higit na atensiyon. Ang mga gayong resulta ay hindi kayang makamit ng sinumang tao; tanging ang gawain ng diyos ang makakagawa nito. Ang karaniwang taong ito ay

malamang na si cristo, ang diyos. Dahil siya si cristo, ang diyos, tiyak na magkakatatotoo ang kanyang mga salita. Kung hindi magkakatatotoo ang kanyang mga salita, hindi siya ang diyos. Ayon sa lohikal na pangangatwiran, may katuturan at tama ang kongklusyon ng ito. Kung siya ang diyos, darating ang araw na lilisanin niya ang mundo; kung siya ang diyos, kaya niyang tapusin ang kanyang dakilang gawain. Batay sa lahat ng palatandaan ng ito, kumikilos sa isang positibong direksiyon, patungo sa isang mabuting layon ang mga tao sa iglesia na sumusunod sa diyos. Napaka-ideyal ng lahat, napakapositibo ng lahat. Mas mabuti ito kaysa sa pagsunod sa mga makamundong kalakaran; walang pag-asa sa paghahangad sa mga iyon, nauuwi lamang ito sa pagdurusa ng maling pagtrato at sa huli ay pagkawasak. Kung nananampalataya ang isang tao sa diyos, at masaksihan niya ang araw ng paglisan ng diyos sa mundo at pagtatapos ng kanyang dakilang gawain, at makibahagi siya sa kaluwalhatian ng diyos—napakalaking karangalan niyon!” Sa pag-iisip nito, pakiramdam nila: “Bakit napakatalino ko? Pinili ko ang landas na ito; mukhang ako ang may mataas na IQ at mahusay na katalinuhan.” Hindi nila ito kinikilala bilang biyaya ng Diyos, kundi bilang kanilang sariling talino, kanilang sariling galing. Kaylaking kahibangan ang ideyang ito!

Iniisip ng mga anticristo, “Ang usapin ng paglisan ng diyos sa mundo at pagtatapos ng dakilang gawain ng diyos ay naiiba sa mga usapin ng mga pangako at pagpapala ng diyos, ng kanyang mga sumpa at kaparusahan, at ng kanyang mga propesiya tungkol sa mga kalamidad—hindi puwedeng madaliin ang usaping ito; kailangan ng mga tao ang 12/10 na pagtitiis at 20/10 na pagtitiyaga para hintayin ang pagdating ng araw na iyon. Dahil kapag dumating na ang araw na iyon, maisasakatuparan na ang lahat. Kung hindi ko kayang magtiis ngayon, kung hindi ko kaya ang kalungkutan, at hindi ko kaya ang pagdurusa ng ito, maiiwan ako kapag dumating na ang araw na iyon. Palapit na ang katapusan; pagkatapos magdusa nang husto, magiging hangal ako kung hindi ko kayang magtiis pa nang kaunti!” Kaya, para sa mga anticristo, may isang paraan lamang para makita ang pagdating ng araw na iyon: Masunurin at matiyagang maghintay, huwag mag-apura, at matutong magtiis. Iniisip nila, “Dahil pinili kong sumugal, dapat akong matutong magtiis, dahil hindi maliit na bagay ang pagtitiis na ito. Kung magtitiis ako hanggang sa huli, sa oras na maisakatuparan na ang bagay na ito, isang malaking pagpapala ang makakamit ko! Kung hindi ako magtitiis sa panahong ito, mahaharap ako sa malaking kalamidad. Ang usaping ito ay maaaring maging isa sa dalawang landas; ito ay maaaring magdala ng malaking pagpapala o ng malaking kalamidad.” Kita mo, hindi hangal ang mga anticristo, hindi ba? Wala silang espirituwal na pang-unawa at hindi sila naniniwala sa katotohanan, sila ay mga hindi mananampalataya—pero paano nila nasusuri ang usaping ito nang napakatumpak at napakadetalyado? Angkop ba ang ganitong uri ng pagsusuri? (Hindi.) Sabihin mo sa Akin, dapat bang magkaroon ng gayong “seryosong” saloobin ang mga tao sa mga salita ng Diyos? Sinasabi ng ilang tao: “Malaking usapin ito, na may kinalaman sa kinabukasan at tadhana ng isang tao, at may kaugnayan sa pagtatapos ng dakilang gawain ng diyos. Hindi ito maaaring maliitin.

Dapat kalkulahin ng mga tao ang eksaktong taon at buwan kung kailan lilisanin ng diyos ang mundo. Bukod dito, kailangang masuri ang pamamaraan at eksena ng paglisan ng diyos na ibinubunyag sa implikasyon ng mga salita ng diyos. Kung hindi ito sineseryoso at sinusuri nang lubusan, ang mapalampas ang gayon kagandang bagay ay magdudulot ng walang katapusang pagsisisi; hindi na muling makikita ang gayong pangyayari. Lalo na kapag natapos na ang dakilang gawain ng diyos, at dumating na ang araw at sandali ng pagkaluwalhati ng diyos, kailangang mas higit pa ang malaman ng mga tao.” Pagkatapos ay may nagtatanong, “Paano natin malalaman kung hindi nagsasabi ang Diyos?” “Kung gayon, dapat kang manalangin na ibunyag ito sa iyo ng diyos sa isang panaginip, tulad ni Juan sa Aklat ng Pahayag. Kung makakatanggap ka ng isang pangitain, kung makikita mo ang araw ng pagtatapos ng dakilang gawain ng diyos sa iyong panaginip o pangitain, sa isang iglap ay lubusan nitong mapapatibay ang iyong pananalig. Ang iyong pagtitiyaga, ang iyong paghihintay, ay hindi na magiging isang pormalidad o isang bagay na ginagawa mo lamang; sa halip, kusa kang maghihintay at magtitiis nang ganito mula sa kaibuturan ng iyong puso. Iyon ay magiging napakaganda!” Katanggap-tanggap ba ang pamamaraang ito? (Hindi.)

Kahit gaano man katagal kailangan ng sangkatauhan ang Diyos na nagkatawang-tao, darating din ang araw na matatapos ang Kanyang gawain sa katawang-tao. Ibig sabihin, lilisanin din ng taong ito ang sangkatauhan; tiyak na darating ang oras na ito. Patapos na ang gawain ng anim-na-libong-taong plano ng pamamahala ng Diyos. Tungkol sa kung ito ay magtatapos sa loob ng sampung taon, dalawampung taon, limampung taon, walumpung taon, o isang daang taon, hindi na natin ito kailangan pang suriing mabuti. Sadyang ganito lamang ang paraan ng pagsasalita ng Diyos. Ano ang ibig sabihin kapag sinabing ito ay paraan ng pagsasalita ng Diyos? Ibig sabihin nito ay kung ilang taon ba talaga ang konsepto ng Diyos tungkol sa “katapusan”—tiyak na iba sa mga tao ang konsepto ng Diyos sa oras. May silbi ba para sa atin na siyasatin kung ilang taon ito mismo? Wala, wala itong silbi. Bakit wala? Dahil nasa mga kamay ng Diyos ang lahat ng ito, hindi ito isang bagay na maaaring makamit ng mga tao sa pamamagitan ng pagtatanong, ni isang bagay na, kapag nalaman ng mga tao, ay magagamit nila para limitahan ang Diyos. Ginagawa ng Diyos ang nais Niya. Ang tanging dapat gawin ng mga tagasunod ng Diyos ay ang hangarin ang katotohanan, gawin nang maayos ang kanilang mga tungkulin, kamtin ang buhay, tahakin ang landas ng pagkatakot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan, at maging mga nilikhang tunay na pasok sa pamantayan. Sa ganitong paraan, tunay ngang matatapos ang dakilang gawain ng Diyos, at makakapagpahinga ang Diyos. Ano ang ibig sabihin ng pagpapahinga ng Diyos? Ibig sabihin, magkakaroon ng pahinga ang sangkatauhan. Kapag may lugar nang mapagpapahingahan ang sangkatauhan, makakapagpahinga na ang Diyos. Ang pahinga ng Diyos ay ang pahinga ng sangkatauhan. Kapag may normal na kapaligiran ng pamumuhay at kaayusan ang sangkatauhan, nagbibigay ito ng kapahingahan sa Diyos. Tungkol sa kung kailan magkakaroon ng ganitong kapaligiran ng pamumuhay

ang sangkatauhan, kung kailan nila maaabot ang hakbang na ito, at kung kailan matatapos ng Diyos ang Kanyang dakilang gawain at kailan papasok sa Kanyang lugar ng pahingahan, nasa plano ng Diyos ang lahat ng ito; mayroon Siyang iskedyl. Kung anong panahon mangyayari ang iskedyl ng plano ng Diyos, kung aling taon, buwan, oras, at minuto, ang Diyos lang Mismo ang nakakaalam. Hindi kailangang malaman ng mga tao, at walang silbi na sabihin pa sa iyo. Kahit na sabihin sa iyo ang eksaktong taon, buwan, oras, at minuto, maaari ba iyong maging buhay mo? Buhay ba iyon? Hindi nito puwedeng palitan ang buhay. Ang tanging dapat gawin ng mga nilikha ay makinig sa mga salita ng Diyos, tanggapin ang mga salita ng Diyos, at magpasakop sa mga salita ng Diyos, maging mga tao na may takot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan. Ngunit ang palaging pagnanais na siyasatin ang mga salita ng Diyos, para tiktikan kung natutupad ba ang mga salita ng Diyos, tingnan, suriin, at siyasatin ang pagiging tama ng mga salita ng Diyos—hindi ito ang dapat gawin ng mga nilikhang tao. Iyong mga nagpupumilit na tumahak sa landas na ito at gumawa ng mga bagay na ito ay malinaw na hindi ang mga nilikhang nais ng Diyos. Hindi sila kumikilos ayon sa Kanyang mga hinihingi, hindi namumuhay ayon sa mga tuntunin at regulasyong itinakda ng Diyos para sa mga tao. Sa mga mata ng Diyos, mga kaaway sila ng Diyos; mga diyablo at Satanas sila, hindi mga pakay ng pagliligtas ng Diyos. Kaya, tungkol sa kung kailan lilisanin ng Diyos ang mundo, kung kailan matatapos ang Kanyang dakilang gawain, at kung kailan darating ang araw ng pagkaluwalhati ng Diyos, ano ang dapat na tamang pananaw ng sangkatauhan sa mga salitang ito ng Diyos at sa usaping ito? Dapat maniwala ang isang tao na tiyak na magkakatotoo ang mga bagay na ito na sinabi ng Diyos, at kasabay nito, umasa sa pagtatapos ng dakilang gawain ng Diyos, sa pagdating ng kaharian ng Diyos, sa pagpapakita ng Diyos sa kaluwalhatian sa di-mabilang na mga tao, at sa maagang pagpasok ng Diyos sa kapahingahan. Ito ang dapat asahan at ipanalangin ng mga nilikhang tao, ng mga sumusunod sa Diyos. Wasto at hindi paniniktik ang paggawa niyon. Gayumpaman, ang palaging paggamit ng kung magkakatotoo ang mga salita ng Diyos bilang kasangkapan para bantaan ang Diyos, para magtakda ng mga kondisyon sa Diyos, iyon ay tinatawag na paniniktik at iyon ang ginagawa ng mga kaaway ng Diyos; ang palaging pagpapasya kung magbabayad ng halaga, kung tatalikdan ang lahat, at kung gagawin ang tungkulin batay sa kung magkakatotoo ang mga salita ng Diyos ay ang mga ginagawa rin ng mga kaaway. Dapat tratuhin ng mga tunay na nilikha ang mga salita ng Diyos, ang pagkakakilanlan ng Diyos, at ang anumang bahagi ng sinasabi ng Diyos mula sa perspektiba ng mga nilikha, hindi mula sa perspektiba ni Satanas, ng mga masamang diyablo, o ng mga kaaway ng Diyos.

5. Paniniktik sa mga Salita ng Diyos Tungkol sa Kanyang Disposisyon, Kanyang Pagkakakilanlan, at Kanyang Diwa

Ang susunod na aytem na pagbabahaginan natin ay kinasasangkutan ng mga salita ng Diyos tungkol sa Kanyang disposisyon, pagkakakilanlan, at diwa. Malawak ang

saklaw ng mga salitang ito; karamihan sa mga nilalaman ng mga salita ng Diyos ay tumutukoy sa Kanyang disposisyon, pagkakakilanlan, at diwa. Sa isang banda, ang paraan at tono ng pagsasalita ng Diyos, pati na ang nilalaman, ay nagtutulot sa mga tao na makita ang disposisyon ng Diyos, makita ang Kanyang pagkakakilanlan at diwa. Sa kabilang banda, malinaw ang mga salitang ginagamit ng Diyos para sabihin sa sangkatauhan, para ihayag sa sangkatauhan ang Kanyang disposisyon, pagkakakilanlan, at diwa. Tungkol sa dalawang bahaging ito ng nilalaman, sa isang banda, mula sa ipinahihiwatig ng mga salita ng Diyos, sa nilalaman ng mga salita ng Diyos, sa kalikasan ng mga salita ng Diyos, pati na rin sa tono at mga tagapakinig ng Kanyang pananalita, makikita ng isang tao ang disposisyon, pagkakakilanlan, at diwa ng Diyos. Sa kabilang banda, malinaw ang mga salitang ginagamit ng Diyos para sabihin sa mga tao kung anong uri ng disposisyon ang mayroon Siya, kung anong uri ng pagkakakilanlan at diwa ang mayroon Siya. Ang dalawang bahaging ito ng nilalaman ay mga bagay na pangunahing binabalewala ng mga anticristo; hindi nila mauunawaan ang disposisyon, pagkakakilanlan, at diwa ng Diyos mula sa mga ito, at tiyak na hindi sila maniniwala sa lahat ng ito na may kinalaman sa Diyos. Dahil sila ay mga hindi mananampalataya, hindi sila naniniwala na maaaring kumatawan sa pagkakakilanlan at diwa ng Diyos ang mga salitang binigkas ng bibig ng Diyos. Gayumpaman, may isang punto na hindi nila maaaring itanggi: malinaw na inihayag ng mga salita ng Diyos sa mga tao kung anong uri ng disposisyon mayroon ang Diyos, kung anong uri ng pagkakakilanlan mayroon ang Diyos, at kung ano ang Kanyang diwa—hindi nila maitatanggi ang bahaging ito ng Kanyang mga salita. Dahil lang sa hindi nila ito maitatanggi, ibig na bang sabihin nito ay may tunay silang pagtanggap at pagkilala? Hindi nila kinikilala ang mga salitang ito. Sa kabaligtaran, tungkol sa nilalaman ng disposisyon ng Diyos—ang Kanyang katuwiran, kabanalan, pagmamahal, awtoridad, at iba pang mga katangiang may kinalaman sa Kanyang mga pag-aari at pagiging Diyos—na sinasabi ng Diyos, bukod sa pagpapakita ng paghamak, pagwawalang-bahala, at pagpapabaya, tinitingnan din ng mga anticristo ang mga salitang ito mula sa perspektiba ng paniniktik. Halimbawa, kapag sinabi ng Diyos na Siya ay matuwid, magsisimulang magsiyasat ang isang anticristo: “Matuwid ka? Wala pang sinuman sa mundo ang naglakas-loob na sabihing matuwid siya. Dahil naglalakas-loob kang sabihin ito, suriin natin ito. Sa anong mga paraan ka matuwid? Aling mga gawa mo ang matuwid? Ayaw kong maniwala! Kung tunay na natutupad ang pahayag na ito, kung tunay kang gumagawa ng ilang matuwid na gawa na makakakumbinsi sa akin, saka ko tatanggapin na matuwid ka. Pero kung hindi ako makukumbinsi sa ginagawa mo, huwag mo akong sisihin sa pagiging prangka. Hinding-hindi ko kikilalanin na may matuwid kang disposisyon!” Sa wakas, dumating ang araw na hinihintay nila: Ang isang partikular na lider, sa kabila ng pagbabayad ng malaking halaga at pagdurusa nang husto, ay nailarawan sa huli bilang isang huwad na lider at tinanggal dahil hindi siya nakagawa ng aktuwal na gawain. Pagkatapos matanggal, naging negatibo siya, nagkaroon ng mga maling pagkaunawa, nagreklamo, at nagsabi

ng maraming sama ng loob at mapanghusgang bagay. Nang makarating ang usaping ito sa mga tainga ng anticristo at makita nila ito, sinabi ng anticristo, “Kung kahit ang isang tulad mo ay maaaring matanggal, kung gayon, mas masahol pa ito para sa mga katulad ko. Kung wala kang pag-asang maligtas, kung hindi ka naaayon sa mga layunin ng diyos, sino pa ang maaaring maging kaayon ng mga layunin ng diyos? Sino pa ang maaaring pansinin ng diyos?” Sa isang banda, ipinagtatanggol ng anticristo ang huwad na lider at humihingi siya ng katarungan para dito; sa kabilang banda, tinatanggap din niya ang mga sinasabing sama ng loob at mapanghusgang salita ng huwad na lider. Kasabay nito, lihim siyang nakikipagtalo sa Diyos sa kanyang puso: “Matuwid ba ang diyos? Kung gayon, bakit tinanggal ang isang taong nagdusa at nagbayad ng halaga para sa gawain ng iglesia? Ang taong ito ang pinakatapat sa iyo. Wala akong nakitang mas tapat pa kaysa sa kanya; wala akong nakitang nagdusa nang mas higit o nagbayad ng mas malaking halaga. Bumabangon siya nang maaga at natutulog nang dis-oras ng gabi, nagtitiis ng karamdaman, isinantabi ang kanyang damdamin para sa kanyang pamilya, at isinantabi ang kaginhawahan ng laman at ang mga kinabukasan ng laman, isinusugal ang kanyang buhay upang gumawa para sa iyo. Nakulong pa nga siya dati at hindi siya nagkanulo. Subalit, basta mo lang siyang tinanggal, basta mo lang siyang ibinunyag—matuwid ka ba talaga? Nasaan ang ebidensiya ng iyong pagiging matuwid? Bakit hindi ko ito makita?” Sa wakas, mayroon nang pinanghawakan ang anticristo laban sa gawain ng Diyos para kuwestiyunin ang pagiging matuwid ng disposisyon ng Diyos. Iniisip niya, “Kung matuwid ang diyos, hindi makakalusot ang karamihan sa mga tao; kung matuwid ang diyos, kailangan talagang maging maingat ng mga tao, at magiging napakahirap ng buhay. Ngayon, sa wakas ay may hawak na akong panlaban sa gawain ng diyos, kaya kong patunayan na hindi matuwid ang diyos, na nagpapadali sa mga bagay-bagay.” Dahil dito, lihim siyang nagagalak sa kanyang puso.

Ang hinirang na mga tao ng Diyos, sa pagsunod sa Diyos, ay palaging nakakaranas ng panunupil, pang-aaresto, at brutal na pang-uusig ng malaking pulang dragon. Sa mga iglesia sa iba’t ibang lugar, madalas na may naaaresto at inuusig na hinirang na mga tao ng Diyos. Madalas, may mga nadarapa o nagkakanulo sa Diyos at umaalis sa iglesia dahil dito. Gayumpaman, marami ring naninindigan sa kanilang patotoo sa kabila ng pang-aaresto at pang-uusig. Ginagamit ng Diyos ang pagseserbisyo ng malaking pulang dragon para ibunyag ang mga hindi mananampalataya na pumasok sa sambahayan ng Diyos para maghanap ng mga pagpapala, habang pineperpekto rin ang hinirang na mga tao na tunay na nananampalataya sa Diyos. Ito ang pagkamakapangyarihan-sa-lahat at karunungan ng Diyos. Pero paano tinitingnan ng mga anticristo ang usaping ito? Palagi silang may pagdududa sa Diyos: “Bakit hindi inililigtas ng diyos ang kanyang hinirang na mga tao mula sa pang-aaresto at pang-uusig ng malaking pulang dragon?” Pinagdududahan nila ang Diyos na nagkatawang-tao, palagi silang nagkikimkim ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos sa kanilang puso: “Bakit dapat magdusa ang mga hinirang na tao ng diyos ng mga gayong pambubugbog at pagpapahirap? Dahil ito sa kanilang

pananalig, dahil ayaw nilang maging mga Hudat. Pero nasaan ang diyos noong pinahihirapan sila? Bakit hindi sila inililigtas ng diyos? Hindi ba't mahal ng diyos ang mga tao? Nasaan ang pagmamahal ng diyos? Posible kayang matiis ng diyos na hayaan ang mga nananampalataya sa kanya na labis na hamakin ng mga Satanas at ng mga masamang demonyo, at magtiis ng sobra-sobrang pagpapahirap? Ito ba ang pagmamahal ng diyos? Nasaan mismo ang pagpoprotekta ng diyos sa mga tao? Bakit hindi ko ito makita? Mukhang kailangan kong maging mas maingat. Bukod sa hindi kayang ilayo ng diyos ang mga tao mula sa tukso o panganib—sa kabaligtaran, kapag mas naghahangad ang isang tao, kapag mas matatag ang kapasyahan niya, at kapag mas sumusunod siya sa diyos, mas nahaharap siya sa mga pagsubok, at mas malamang na magdurusa siya ng pasakit at paghihirap. Dahil ganito kumikilos ang diyos, mayroon din akong mga kontra-hakbang. Nagdurusa sa gayong pagtrato ang mga taong ito dahil nagsakripisyo sila; kung hindi ako magbabayad ng gayong halaga, kung hindi ako maghahangad sa ganitong paraan, hindi ba't maiiwasan ko ang mga pagsubok na ito? Kung wala ang mga pagsubok na ito, hindi ba't maiiwasan ko ang gayong pagdurusa? Kung hindi ako magdurusa nang ganito, hindi ba't mamumuhay ako nang komportable? Kung makakatanggap pa rin ako ng mga pagpapala, bakit ako magiging hangal na hayaang magtitiis ng lahat ng uri ng paghihirap at pasakit sa laman ko? Sinasabi ng diyos na mahal niya ang mga tao, pero hindi ko matanggap ang ganitong paraan ng pagmamahal ng diyos! Kayong lahat ay puwedeng magbigay rito ng anumang interpretasyon na gusto ninyo; wala akong pakialam, hindi ko ito tatanggapin. Kailangang hindi ako makakuha ng atensiyon, kailangan kong umiwas, kailangan kong maging maingat at mapagbantay; hindi ko puwedeng hayaang mahuli ako ng diyos at pagtrabahuhin niya ako.” Kinikimkim ng mga anticristo ang mga bagay na ito sa kanilang puso, na pawang maling pagkaunawa, pagtutol, paghusga, at paglaban sa Diyos. Wala silang anumang kaalaman sa gawain ng Diyos. Habang tinitiktikan ang mga salita ng Diyos, tinitiktikan ang disposisyon, pagkakakilanlan, at diwa ng Diyos, nakakabuo sila ng mga gayong kongklusyon. Ibinabaon ng mga anticristo ang mga bagay na ito sa kailaliman ng kanilang puso, pinapaalalahanan ang kanilang sarili: “Sa pag-iingat nagmumula ang kaligtasan; mas mabuting lumipad nang walang nakakapansin; ang ibong nag-uunat ng kanyang leeg ang unang nababari; at malungkot sa itaas! Kailanman, huwag na huwag kang maging ang ibon na nag-uunat ng kanyang leeg, huwag umakyat nang masyadong mataas; mas mataas ang inakyat mo, mas masakit ang pagbagsak.” Hindi sila naniniwala na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan, at hindi sila naniniwala na matuwid at banal ang Kanyang disposisyon. Tinitingnan nila ang lahat ng ito sa pamamagitan ng mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao, at hinaharap nila ang gawain ng Diyos gamit ang mga perspektiba, kaisipan, at tusong pag-iisip ng tao, gumagamit ng lohika at pag-iisip ni Satanas para tukuyin ang disposisyon, pagkakakilanlan, at diwa ng Diyos. Maliwanag na hindi lang hindi tinatanggap o kinikilala ng mga anticristo ang disposisyon, pagkakakilanlan, at diwa ng Diyos; sa kabaligtaran, puno sila ng mga

kuru-kuro, pagtutol, at paghihimagsik laban sa Diyos at wala silang kahit katiting na tunay na pagkakilala sa Kanya. Isang tandang pananong ang depinisyon ng mga anticristo sa gawain ng Diyos, sa disposisyon ng Diyos, at sa pagmamahal ng Diyos—puno ng pagdududa, at puno sila ng pag-aalinlangan at puno ng pagtatatwa at paninirang-puri dito; kung gayon, ano naman ang tungkol sa Kanyang pagkakakilanlan? Kumakatawan sa Kanyang pagkakakilanlan ang disposisyon ng Diyos; sa gayong pagtrato nila sa disposisyon ng Diyos, maliwanag ang kanilang pagtrato sa pagkakakilanlan ng Diyos—direktang pagtatatwa. Ito ang diwa ng mga anticristo.

Kahit anong bahagi ng mga salita ng Diyos ang harapin ng mga anticristo, kahit anong bahagi ng mga kilos ng Diyos ang kanilang harapin, ito man ay mga kilos ng Diyos sa lahat ng bagay o sa mga partikular na indibidwal, palagi nilang ginagamit ang mga perspektiba ng tao at lohika ni Satanas, pati na ang mga pamamaraan ng kaalaman at lohika, para bumuo ng kongklusyon at manghusga, sa halip na harapin ang mga ito bilang ang katotohanan at nang may pagtanggap. Samakatwid, hinggil sa mga salita tungkol sa disposisyon, pagkakakilanlan, at diwa ng Diyos, at hinggil sa laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos at sa Espiritu ng Diyos, ang paraan ng mga anticristo ay talagang pareho, walang pagkakaiba. Sa pangkalahatan, ang lahat ng may kinalaman sa Diyos Mismo, lahat ng tungkol sa Lumikha, ay kanilang tinitiktikan, at pagkatapos ay bumubuo sila ng mga haka-haka, nagsisiyasat sila, at nagsusuri, na sa huli ay humahantong sa mga kongklusyon ng pagtatatwa at paninirang-puri. Mula sa anumang anggulo o sa anumang paraan harapin ng mga anticristo ang mga salitang ito ng Diyos, bakit palaging pagkondena at paninirang-puri ang mga kongklusyon na kanilang nabubuo? Bakit sila humahantong sa mga gayong kongklusyon? Totoo kaya na sa nilikhang sangkatauhan, walang sinuman ang kayang tanggapin ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan? Ito ba ay isang hindi maiiwasang kalalabasan? Dahil ba ito sa Diyos? (Hindi.) Kung gayon, ano nga ba ang dahilan? (Dahil may kalikasan ang mga tao na lumalaban sa Diyos.) May kalikasan ang lahat na lumalaban sa Diyos. Bakit kaya pagkatapos basahin ang mga salitang ito, may mga taong nakakakilala na ang mga ito ang katotohanan at tumatanggap sa sinasabi ng Diyos, habang ang iba ay nagagawang itatwa, kondenahin, at siraan ang mga ito? Malinaw na ipinapakita nito ang isang problema, nagpapahiwatig na magkakaiba ang diwa sa loob ng mga tao. Ang mga anticristo, sa kanilang pagtrato sa mga salita ng Diyos, ay likas at personal na hindi tunay na tumatanggap sa mga ito. Dumarating sila nang may pagtutol at pagsusuri: “Sinasabi mong ikaw ay diyos, kung gayon kailangan kong makita, sa anong paraan ka nahahawig sa diyos? Sinasabi mong nagtataglay ka ng disposisyon ng diyos at ng pagka-diyos, kung gayon, kailangan kong makita kung alin sa iyong mga salita ang nagpapatunay na nagtataglay ka ng pagka-diyos at ng disposisyon ng diyos, anong mga gawa mo ang nagpapatunay na may pagkakakilanlan at diwa ka ng diyos. Nakagawa ka ba ng mga tanda at kababalaghan, o napagalang mo ba ang maysakit at nagpalayas ka ba ng mga demonyo? Isinumpa mo na ba ang isang tao at namatay siya agad? May

ibinangon ka na ba mula sa mga patay? Ano ang mismong nagawa mo na maaaring magpatunay na nagtataglay ka ng disposisyon ng diyos, ng pagkakakilanlan, at diwa ng diyos?” Palaging nais makita ng mga anticristo ang mga bagay na ito, mga bagay na lampas sa katotohanan, sa daan, at sa buhay, ginagamit ang mga bagay na ito para kumpirmahin ang pagkakakilanlan ng Diyos, para kumpirmahin na ang sinusundan nila ay ang Diyos. Mali ang mismong simulaing ito. Ano ang pinakabatayang bagay na maaaring kumatawan sa pagkakakilanlan at diwa ng Diyos? (Ang Diyos ang katotohanan, ang daan, at ang buhay.) Ito ang pinakabatayang bagay. Bakit hindi naaarak ng mga anticristo maging ang pinakabatayang bagay na ito? Ito ang paksang kailangan nating talakayin. Hinahamak ng mga anticristo ang katotohanan at mga positibong bagay; tutol sila sa katotohanan at sa lahat ng positibong bagay; kinamumuhian nila ang katotohanan at mga positibong bagay. Sa lahat ng salita ng Diyos, hindi nila nakikita kung aling mga salita ang katotohanan o mga positibong bagay. Makikita ba ito ng kanilang mga malademong mata? Kung hindi nila ito makita, makikilala ba nila ito? Ang kanilang pagkabigo na kilalanin ang mga salitang ito bilang ang katotohanan ay nangangahulugang hindi nila kayang kilalanin ang pagkakakilanlan at diwa ng Diyos. Tiyak ito. Ang mga anticristo, sa pagharap sa mga salita ng Diyos tungkol sa Kanyang disposisyon, Kanyang pagkakakilanlan, at Kanyang diwa, ay gumagamit ng paraan na gaya ng ginagamit nila sa iba pang mga salita ng Diyos, nagkakalkula, nagpapakana, at nagbubulay-bulay sa kanilang isipan. Kung agad na nagkakatotoo ang isang bagay na sinabi ng Diyos mula sa Kanyang pagkakakilanlan bilang Diyos, agad na nagbabago ang kanilang saloobin; kung ang Diyos, bilang Diyos, ay nagsasabi o gumagawa ng isang bagay na magagamit laban sa Kanya, mayroon din silang kaukulang kontra-hakbang, at agad na nagbabagong muli ang kanilang saloobin. Sila ang kumokondena sa Diyos, at sila rin ang nagsasabi na ang Diyos ay kagaya ng Diyos. Sa kanilang pananaw, kung nagtataglay ba ang Diyos ng disposisyon, pagkakakilanlan, at diwa ng Diyos, nakakabuo sila ng mga kongklusyon tungkol dito batay lamang sa kung ano ang nakikita ng kanilang sariling mga mata at sa kanilang sariling mental na pagsusuri.

Sa nakaraang isa o dalawang taon, gumawa ang iglesia ng ilang video ng patotoong batay sa karanasan. Iba’t ibang tao ang nagbigay ng iba’t ibang patotoong batay sa karanasan, na nakatulong sa ilang taong may hindi matatag na pundasyon at iyong mga medyo nagdududa na makapagtatag ng ilang pundasyon. Siyempre, para sa mga anticristo, nagkaroon din ito ng partikular na papel sa pagpapatatag sa kanila. Ang mga indibidwal na nagpapatotoo ay may iba’t ibang edad, mula sa iba’t ibang uri ng lipunan, at ang ilan ay mula pa nga sa iba’t ibang bansa at etnisidad. Mula sa mga patotoong batay sa karanasan na kanilang ibinahagi, maliwanag na nagbago sila sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos, nakamit nila ang katotohanan at buhay, at sa pamamagitan ng pagtanggap sa mga salita ng Diyos, sa pagtanggap sa yugtong ito ng gawain ng Diyos, naunawaan nila ang maraming katotohanan, kinukumpirma na ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos ay nagtataglay ng pagkakakilanlan at diwa ng Diyos.

Siyempre, pagkatapos makinig sa mga patotoong batay sa karanasan na ito, nagkaroon din ng kaunting lihim na kasiyahan sa kaloob-looban nila ang mga anticristo: “Buti na lang, hindi ko hayagang hinusgahan ang diyos. Buti na lang, hindi ako nagmadaling itatwa ang diyos. Batay sa mga patotoo ng napakaraming tao, tila tama ang daan na ito. Ang cristo na ito, ang ordinaryong taong ito, ay maaaring ang diyos nga. Maaaring tama ang pusta ko. Kung magpapatuloy ako sa landas na ito, at kung mas maraming tao ang magpapatotoo tungkol sa taong ito, kung mas maraming tao ang lalapit sa taong ito, at kung mas maraming tao ang magkukumpirma sa pagkakakilanlan at diwa ng taong ito, kung gayon, mas lalaki nang lalaki ang aking pag-asa at tsansang makatanggap ng mga pagpapala.” Habang atubiling nagmamasid, patuloy na hinihikayat ng mga anticristo ang kanilang sarili at pinapalakas ang kanilang loob: “Huwag magmadali. Maging matiyaga. Kailangan mo lang magtiis. Ang siyang nagtitiis hanggang wakas ay maliligtas. Batay sa kasalukuyang iba’t ibang palatandaan, mula sa lawak at paglago ng iglesia ngayon, parami nang parami ang mga taong nakakatindig at nakakapagpatotoo tungkol sa diyos na ito, na kinukumpirma na tama ang daan na ito. Kaya bakit ako magiging napakahangal, magmamadaling tumindig at itatwa ito? Huwag gawin iyon, huwag maging hangal. Maghintay pa ng tatlo hanggang limang taon. Kung mas maraming tao, mas maraming tanyag at maalam na tao, mga taong may katayuan sa lipunan, ang magbibigay ng mas malakas na ebidensiya para kumpirmahin na ang ordinaryong taong ito ay si cristo, o kung mas maraming tao na bantog at may katayuan sa mundo ang sumali sa iglesia, at kung mas lumawak pa sa buong mundo ang iglesia, hindi ba’t may makakamit ako kung gayon? Hindi ba’t magkakaroon na ako ng malaking kalamangan kung gayon? Kung may kapangyarihan ang iglesia, hindi ba’t magkakaroon din ako ng kapangyarihan? Hinding-hindi ako dapat umalis! Kung tama ang lahat ng ito, kung ang taong ito ay talagang ang diyos, at kung itatakwil at itatatwa ko siya ngayon, mapapalampas ko ang lahat ng pagpapalang ito. Kailangan kong isugal ang lahat sa tao na ito. Kung sino siya sa kanyang pagkakakilanlan at diwa, kung sino ang kinakatawan ng kanyang disposisyon, wala na akong pakialam doon. Ang inaalala ko ay kung mas dumarami ang mga taong sumusunod sa kanya, kung nadaragdagan ba ang kapangyarihan at lawak ng iglesia. Kung umuunlad ito sa isang magandang direksiyon, at maaari pang lumago sa mga normal na sitwasyon, hindi ko na kailangang mag-alala tungkol sa kinabukasan ko. Kung siya talaga ang laman kung saan nagkatawang-tao ang diyos gaya ng ipinropesiya sa Bibliya, malaki ang magiging pagpapala at pakinabang sa akin.” Tuwing naiisip nila ito, nakakaramdam ng kaunting kaginhawahan at kagalakan ang mga anticristo sa kanilang puso: “Paano naman iyon? Kahit na hindi ako naniniwala na ang mga salita ng diyos ang katotohanan, puwede pa rin akong makatanggap ng mga pagpapala. Kahit hindi ako naniniwala na matuwid ang lahat ng gawa ng diyos, puwede pa rin akong manindigan. Kahit na hindi ako naniniwala na makapagliligtas ng mga tao ang diyos, maaari pa rin akong mabuhay. Kahit na hindi ako naniniwala na pinagmamasdan ng diyos ang kaibuturan ng puso ng tao, puwede ko pa

ring gawin nang normal ang mga tungkulin ko sa iglesia. Hindi ako naniniwala sa pagkamakapangyarihan-sa-lahat at awtoridad ng diyos, hindi ako naniniwala na lahat ng ginagawa ng diyos ay makabuluhan, at hindi ako naniniwala na may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay at sa kapalaran ng buong sangkatauhan ang diyos—hindi ako naniniwala sa alinman sa mga ito, at ano naman? Hindi ako naniniwala sa pagkakakilanlan at diwa ng diyos, subalit iniraraos ko pa rin ang mga bagay sa iglesia. Hindi ba't matuwid ang diyos? Iraraos ko lang ang gawain at sasabay lang ako sa agos sa iglesia nang ganito, nagtitiis lang. Sino ang puwedeng may gawin sa akin? Hindi ba't puwede pa rin akong magtiis hanggang sa wakas at tiyak na maligtas?" Ano sa palagay ninyo, puwede bang magtagumpay ang ilusyon ng mga anticristo? (Hindi.) Kapag dumating ang araw na tunay nilang makita ang matuwid na disposisyon ng Diyos, nasaan na kaya sila? Kapag napilitan silang tunay na kilalanin ang pagkakakilanlan at diwa ng Diyos, na aminin na matuwid ang Diyos, kapag ipinakita sa kanila na talagang matuwid ang Diyos, nasaan na dapat sila? Puwede ba talaga silang maligtas? Maaari ba talagang magbunga ang kanilang pagtitiis? Puwede ba talaga nilang iraos lang ang gawain? Maaari bang ang kanilang pagtitiis, ang kanilang mga pagkokompromiso, ang kanilang matatag na pagtitiis sa mga paghihirap, ang kanilang tusong katalinuhan, ay tunay na makapagpapawalang-bisa sa kanilang masamang gawa ng paniniktik kung nagkakatotoo ang mga salita ng Diyos? Maaari ba talagang mapalitan ng kanilang ilusyon, mga kontra-hakbang, pagsasabwatan, pagpapakana, at lahat ng kanilang pinlano sa kanilang puso, kasama na ang kanilang paniniktik sa mga bagay-bagay na may kinalaman sa Diyos, ang kanilang paghahangad sa katotohanan? Magiging daan ba ang mga ito upang sila ay maligtas? (Hindi.) Kung gayon, batay sa mga pagpapamalas na ito, bakit ang mga anticristo, na napakatuso at nangangasiwa sa lahat ng bagay nang walang iniiwang butas, na ginagawa ang lahat nang palihim, ay humahantong sa ganito? Mayroon lamang isang dahilan: Hindi nila hinaharap nang matapat ang mga salita ng Diyos, hindi nila tinatanggap ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan, hindi sila nagpapasakop sa mga salita ng Diyos, sa halip ay tinitiktikan nila ang mga salita ng Diyos. Ito ang dahilan kung bakit humahantong sa ganito ang mga anticristo. Nauunawaan ninyong lahat ito, tama? Bagama't hindi Ko pa sinabi sa inyo kung paano kumilos o paano tratuhin ang mga salita ng Diyos, sa pamamagitan ng pagsasabi ng mga katunayang ito at paghihimay sa mga pananaw ng mga anticristo at sa kanilang saloobin tungkol sa mga salita ng Diyos, alam ninyong lahat kung anong uri ng saloobin sa mga salita ng Diyos at kung anong uri ng saloobin sa pag-arok ng mga salita ng Diyos ang pinakatama at ang mga saloobin na dapat taglayin ng isang nilikha, at na ang pagkakaroon ng mga saloobing ito ang dapat gawin ng isang nilikha.

Agosto 22, 2020

Ikasampung Aytem: Hinahamak Nila ang Katotohanan, Lantarang Nilalabag ang mga Prinsipyo, at Binabalewala ang mga Pagsasaayos ng Sambahayan ng Diyos (Ikapitong Bahagi)

III. Hinahamak ang mga Salita ng Diyos

Ngayon, magpapatuloy tayo sa pagbabahaginan tungkol sa ikasampung aytem ng iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo—hinahamak nila ang katotohanan, lantarang nilalabag ang mga prinsipyo, at binabalewala ang mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos. Noong nakaraan, nagbahaginan tayo hanggang sa ikatlong seksyon ng pangunahing paksang ito, na tungkol sa paghamak ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos. Ang ating pagbabahaginan at paghihimay sa seksyong ito ay nahati sa tatlong maliliit na paksa. Ano ang tatlong maliliit na paksang iyon? (Ang una ay iyong arbitraryong binabaluktot at binibigyang-kahulugan ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos; ang pangalawa ay itinatatwa ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos kapag hindi umaayon ang mga ito sa kanilang mga kuru-kuro; at ang pangatlo ay tinitiktikan ng mga anticristo kung natutupad ba ang mga salita ng Diyos.) Ang tatlong ito ba ang kabuuan ng kahulugan ng paghamak ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos? (Dapat ay may iba pa.) Ano pang ibang mga pahayag at pagpapamalas ang mayroon? (Walang paggalang ang pagtrato ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos.) Isa ba sa mga pagpapamalas ng paghamak sa mga salita ng Diyos ang pagtrato nang walang paggalang sa mga salita ng Diyos? Hindi ba't isang interpretasyon ng paghamak sa mga salita ng Diyos ang pagtrato nang walang paggalang sa mga salita ng Diyos? Dito, hindi natin kailangan ng mga interpretasyon, kundi ang iba't ibang pagpapamalas at pagsasagawa ng mga anticristo sa paghamak sa mga salita ng Diyos na puwede mong makita at mahawakan, at naririnig mo. Mukhang wala kayong masyadong pagkaunawa sa iba't ibang pagpapamalas na hinahamak ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos. Maaaring mayroon kayong literal na pagkaunawa sa tatlong aytem na ibinahagi Ko dati, pero hindi ninyo maisip kung ano pa ang ibang mga pagpapamalas ng paghamak ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos, tama ba? Dapat naalala ninyo ang lahat ng tatlong pagpapamalas na napagbahaginan natin dati. Bukas at lantaran ba ang mga pag-uugali at pagpapamalas ng paghamak ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos? Ang mga ito ba ang dapat gawin ng mga matuwid na tao? (Hindi.) Ang mga ito ay hindi mga pagpapamalas na dapat umiral sa normal na pagkatao; hindi positibo ang mga ito, kundi negatibo. Tumutukoy kay Satanas, sa mga demonyo, sa mga kaaway ng Diyos, ang batayang diwa ng ilang pag-uugaling ito. Sa pagtrato ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos, walang pagpapasakop, walang pagtanggap, walang pagdanas, walang pagsasantabi sa kanilang sariling mga kuru-kuro at walang pagtanggap sa mga salita ng Diyos nang

simple at bukas—sa halip, nagkakaroon sila ng iba't ibang satanikong saloobin sa mga salita ng Diyos. Ang disposisyong nabubunyag sa pamamagitan ng mga pagpapamalas at pag-uugaling ito ng mga anticristo ang mismong nabubunyag ni Satanas sa espirituwal na mundo. Hindi positibo ang mga pag-uugaling ito, sa anumang sitwasyon, sa anumang panahon, sa anumang grupo ng mga tao. Buktot at negatibo ang mga ito, at hindi mga pagpapamalas o pag-uugali na dapat mayroon ang isang nilikha o isang normal na tao. Kaya, inilalarawan natin ang mga ito bilang mga pagpapamalas ng mga anticristo. Matapos pagbahaginan ang tatlong aytem na ito, maaaring isipin ng karamihan ng tao na ang tatlong pagpapamalas na ito ay marahil sumasaklaw sa lahat ng pangunahing saloobin ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos. Gayumpaman, may isang punto na nakaligtaan ninyo: Hindi limitado sa tatlong pamamaraang ito ang pagtrato ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos. May isa pang pagpapamalas at pag-uugali na nagpapakita rin na hinahamak ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos. Ano ang pagpapamalas na ito? Ito ay tinatrato ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos bilang isang kalakal. Kung titingnan natin ang literal na kahulugan nito, maaaring may mga imahe sa isipan ng ilang tao na tumutukoy sa ilang indibidwal, pero hindi pa rin malinaw ang mga partikular at totoong pagpapamalas nito; napakalabo at napakapangkalahatan pa rin ang mga ito. Kaya, ngayon, pagbabahaginan natin kung paano tinatrato ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos bilang isang kalakal.

D. Tinatrato ng mga Anticristo ang mga Salita ng Diyos Bilang Isang Kalakal

Tinatrato ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos bilang isang kalakal; puwede ring sabihin na tinatrato ng mga anticristo ang mismong katotohanan bilang isang kalakal. Ano ang ibig sabihin ng tratuhin ang mga ito bilang mga kalakal? Nangangahulugan ito ng paggawa lamang ng ilang berbal na pahayag, pagpapakitang-gilas, at pagkatapos, sa pamamagitan ng pandaraya ay makuha ang tiwala, suporta, at pag-endorso ng mga tao para makamit ang kasikatan, pakinabang, at katayuan. Kaya, nagiging mga tuntungan nila ang mga salita ng Diyos at ang katotohanan. Ito ang saloobin ng mga anticristo sa katotohanan. Sinasamantala, pinaglalaruan, at tinatapakan nila ang katotohanan, na tinutukoy ng kalikasang diwa ng mga anticristo. Kaya, ano ba mismo ang mga salita ng Diyos at ang katotohanan? Paano natin dapat tumpak na bigyang kahulugan ang katotohanan? Sabihin ninyo sa Akin, ano ang katotohanan? (Ang katotohanan ang pamantayan para sa sariling asal, mga kilos, at pagsamba ng tao sa Diyos.) Isa itong tumpak at partikular na kahulugan ng katotohanan. Paano ninyong lahat nauunawaan ang pahayag na ito? Paano mo ito dapat ilapat sa iyong pang-araw-araw na buhay at sa buong buhay mo? Paano mo dapat danasin ang pahayag na ito? Sabihin ninyo agad kung ano ang naiisip at nauunawaan ninyo nang hindi ito pinipili o pinoproseso muna. Sa wika ng inyong karanasan, ano ang katotohanan? Ano ang mga salita ng Diyos? (Puwedeng baguhin ng katotohanan ang pananaw sa buhay at ang mga pinahahalagahan

ng isang tao, binibigyang-kakayahan siyang isabuhay ang wangis ng isang normal na tao.) Bagaman hindi komprehensibo, ang lahat ng sinabi ninyo ay nagpapahayag ng pagkaunawang batay sa karanasan sa katotohanan; ang mga ito ang mga kabatiran at pagpapahalaga na inyong naranasan at naibuod mula sa pang-araw-araw na buhay. Sino pa ang gustong magbahagi? (Kayang madalisay ng katotohanan ang aming mga tiwaling disposisyon, binibigyang-kakayahan kaming kumilos ayon sa mga prinsipyo at gawin ang mga bagay nang naaayon sa mga layunin ng Diyos.) Napakaganda at napakatalas ng pahayag na ito. Sige, magpatuloy ka. (Ang katotohanan ay buhay, ang daan sa buhay na walang hanggan. Tanging sa pamamagitan ng paghahangad sa katotohanan at pamumuhay sa pamamagitan nito na makakamtan ng isang tao ang buhay.) (Ang katotohanan ang nagbibigay-daan sa mga tao na matakot sa Diyos at umiwas sa kasamaan, para maging isang tunay na tao.) Parehong may kinalaman ang dalawang puntong ito sa mga prinsipyo ng pagsasagawa para sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga tao. Bagaman medyo malalim at matayog ang mga paliwanag, napakapraktikal ng mga ito. (Kayang ilantad ng katotohanan ang mga tiwaling disposisyon sa loob namin, baguhin ang aming mga maling pananaw sa mga bagay-bagay, at bigyan kami ng kakayahan na isabuhay ang wangis ng isang tunay na tao.) Ang mga pahayag na ito ay praktikal at may kinalaman sa halaga at kabuluhan ng katotohanan sa mga tao, pati na rin ang mga puwedeng epekto ng katotohanan sa mga tao. Ang nabanggit ninyong lahat ay madalas na nating pinag-uusapan dati. Bagaman magkakaiba ang binibigyang-diin ng bawat tao, may kinalaman ang lahat ng ito sa naunang ipinaliwanag at tinukoy na pahayag tungkol sa katotohanan—ang katotohanan ang pamantayan sa pagsukat sa lahat ng bagay. Maitutumbas ba ang katotohanan sa mga salita ng Diyos? (Oo.) Ang mga salita ng Diyos ang katotohanan. Base sa pagkaunawang batay sa karanasan na inyong inilahad sa inyong pagbabahagi, masasabi ba natin na ang katotohanan ang realidad ng lahat ng positibong bagay? (Oo.) Ang katotohanan ang realidad ng lahat ng positibong bagay. Maaari itong maging buhay ng isang tao at ang direksiyon na kanyang tinatahak; maaari nitong tulutan ang isang tao na iwaksi ang kanyang tiwaling disposisyon, na matakot sa Diyos at umiwas sa kasamaan, na maging isang taong nagpapasakop sa Diyos, pasok sa pamantayan bilang isang nilikha, at isang taong minamahal ng Diyos at katanggap-tanggap para sa Diyos. Dahil sa napakahalaga ng katotohanan, ano dapat ang saloobin at perspektiba ng isang tao sa mga salita ng Diyos at sa katotohanan? Ito ay lubhang malinaw: Para sa mga tunay na nananampalataya sa Diyos at sa mga mayroong may-takot-sa-Diyos na puso, ang Kanyang mga salita ang kanilang buhay. Dapat na pakaingatan ng mga tao ang mga salita ng Diyos, kainin at inumin ang mga ito, tamasahin ang mga ito, at tanggapin ang mga ito bilang kanilang buhay, bilang direksiyon na kanilang tinatahak, bilang kanilang nakahandang saklolo at panustos; dapat na magsagawa at dumanas ang mga tao nang alinsunod sa mga pahayag at hinihingi ng katotohanan, at magpasakop sa iba't ibang mga hinihingi at prinsipyo na ipinagkakaloob sa kanila ng katotohanan. Saka

lamang makapagtatamo ng buhay ang isang tao. Sa pangunahin, ang paghahangad sa katotohanan ay ang pagsasagawa at pagdanas ng mga salita ng Diyos, sa halip na isailalim ang mga ito sa pagsisiyasat, pagsusuri, espekulasyon, at pagdududa. Dahil ang katotohanan ang nakahandang saklolo at panustos ng mga tao, at maaaring maging buhay nila, dapat nilang tratuhin ang katotohanan bilang ang pinakamahalagang bagay. Sapagkat kailangan nilang umasa sa katotohanan upang mabuhay, upang matugunan ang mga hinihingi ng Diyos, upang matakot sa Kanya at umiwas sa kasamaan, at upang mahanap sa pang-araw-araw na buhay nila ang landas ng pagsasagawa at maarok ang mga prinsipyo ng pagsasagawa, nang natatamo ang pagpapasakop sa Diyos; dapat ding umasa sa katotohanan ang mga tao upang maiwaksi ang kanilang tiwaling disposisyon, upang maging isang taong nailigtas at isang nilikhang pasok sa pamantayan. Mula sa anong perspektiba o sa anong paraan man ito ipinahayag, ang pinakahindi dapat na maging saloobin ng mga tao sa katotohanan ay ang tratuhin ang mga salita ng Diyos at ang katotohanan bilang isang produkto o isang kalakal pa nga na basta-basta lang ipinagpapalit. Ito ang pinakaayaw na makita ng Diyos, at ito rin ang pinakahindi katanggap-tanggap na uri ng pag-uugali at pagpapamalas na dapat mayroon ang isang tunay na nilikha.

Ano ang layon at intensyon ng mga anticristo sa pagtrato sa mga salita ng Diyos bilang isang kalakal? Ano ba talaga ang kanilang pakay, at ano ang kanilang motibo? Kapag nakakakuha ng kalakal ang isang negosyante, inaasahan niya na ang kalakal ay magdadala sa kanya ng mga pakinabang at ng malaking halaga ng pera na kanyang ninanais. Samakatwid, kapag tinatrato ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos bilang isang kalakal, walang duda na tinatrato nila ang mga salita ng Diyos bilang materyal na bagay na puwedeng ipagpalit para sa mga pakinabang at pera. Hindi nila pinahahalagahan, tinatanggap, isinasagawa, o dinaranas ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan, ni hindi nila tinatrato ang mga salita ng Diyos bilang ang daan ng buhay na dapat nilang sundin, ni bilang ang katotohanan na dapat nilang isagawa para maiwaksi ang kanilang mga tiwaling disposisyon. Sa halip, tinatrato nila ang mga salita ng Diyos bilang isang kalakal. Para sa isang negosyante, ang pinakamalaking halaga ng isang kalakal ay ang maipagpalit ito para sa pera, para sa nais na kita. Kaya, kapag tinatrato ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos bilang isang kalakal, magkapareho ang kanilang intensyon at motibo. Tinatrato ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos bilang isang kalakal, ibig sabihin, hindi nila ginagamit ang mga ito para kainin, inumin, at tamasahin, hindi rin para sa kanilang karanasan o pagsasagawa, kundi bilang mga kalakal sa kanilang mga kamay na ipagpapalit at ibebenta kahit kailan at kahit saan, iniaalok sa mga taong mapagkakakitaan nila. Kapag tinatrato ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos bilang isang kalakal, sa literal na kahulugan, ibig sabihin nito ay tinatrato nila ang mga salita ng Diyos tulad ng isang paninda, ginagamit sa mga transaksyon para ipagpalit sa pera; ginagawa nilang propesyon nila ang pagbili at pagbebenta sa mga salita ng Diyos. Mula sa literal na perspektiba, malinaw na agad ito. Kahiya-hiya ang

mga ganitong kilos at pag-uugali ng mga anticristo, na nagdudulot ng pandidiri at pagkasuklam ng mga tao. Kaya, ano ang mga partikular na pagpapamalas ng mga anticristong tumatrato sa mga salita ng Diyos bilang isang kalakal? Ito ang pangunahing punto na ating pagbabahaginan. May ilang kitang-kitang pagpapamalas ang mga anticristo sa pagtrato sa mga salita ng Diyos bilang isang kalakal. Para maging mas malinaw at mas madaling maunawaan para sa inyo, tatalakayin pa rin natin ang mga ito nang isa-isa. Bakit Ko ginagamit ang pamamaraang ito? Batay sa Aking maraming taon ng karanasan sa paggawa at pagsasalita, may magulong isipan ang karamihan sa mga tao at wala silang abilidad na mag-isip nang sila lang. Batay rito, naisip Ko ang pinakamadali at pinakamabisang paraan, ang ipaliwanag at linawin ang kada aytem ng anumang isyu o paksa—ano man ito—para matulungan kayong pag-isipan at pagnilayan ito. Angkop ba ito? (Oo.) Sinasabi ng ilang tao, “Tamang-tama iyan, hindi na namin kailangang pigain ang aming utak at mag-isip nang husto. Masyado kaming abala at wala kaming oras para diyan! Ginagamit namin para sa malalaking bagay ang aming enerhiya at isipan, hindi sa di-makabuluhan, maliliit lang na usapin. Ang pagpapabulay sa amin sa mga maliliit na bagay na ito, parang minamaliit Mo kami at hindi Mo lubos na ginagamit ang aming dakilang talento.” Ganoon ba talaga ang nangyayari? (Hindi.) Kung ganoon, ano ito? (Napakahina ng aming kakayahan na kung minsan ay hindi namin maarok ang katotohanan, at kailangan namin ang Diyos na makipagbahaginan nang detalyado, sa kada salita, sa kada pangungusap, para maunawaan namin ang ilan dito.) Kita mo, hindi Ko sinasadyang nailarawan ang aktuwal na kalagayan ng mga usapin, inilalantad kung ano talaga ang nangyayari sa inyong lahat, pero ganoon lang talaga ang mga katunayan. Ganito pa rin ang sitwasyon kahit na hindi Ko ito inilantad. Wala nang ibang paraan kundi gawin ito sa ganitong paraan. Kung magsasalita lang Ako tungkol sa malalaking paksa sa simple at pangkalahatang paraan, magiging walang saysay ang pagsasalita Ko at magsasayang lang Ako ng pagsisikap. Pagsasayang lang iyon ng oras, hindi ba? Balikan natin ang pangunahing paksa. Tungkol sa pagtrato ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos bilang isang kalakal, hahatiin natin ito sa ilang maliit na paksa para ipaliwanag at linawin nang paisa-isa kung paano ito ginagawa ng mga anticristo, at kung ano ang mga partikular na halimbawa at pagpapamalas na sapat na makakapagpatunay na hinahamak ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos, at makakapagpatunay rin na talagang taglay ng mga anticristo ang gayong diwa. Pagbabahaginan natin ang aytem na ito sa dalawang pangunahing bahagi.

1. Tinatrato ang mga Salita ng Diyos Bilang Isang Kasangkapan sa Pagtatamo ng Katayuan, Reputasyon, at Dignidad

Ang unang pangunahing aspekto ay iyong ang pinakakaraniwang pagpapamalas ng mga anticristo sa pagtrato sa mga salita ng Diyos bilang isang kalakal ay ang paggamit sa mga ito bilang kasangkapan para makamit ang katayuan, reputasyon, dignidad nila, at lalo na para sa materyal na kasiyahan, at higit pa rito, para sa pera. Kapag

nakakaugnay ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos, nararamdaman nila, “Napakadakila ng mga salita ng diyos. Makatwiran at tama ang bawat pangungusap; hindi masasabi ng mga tao ang mga salitang ito, at hindi matatagpuan ang mga ito sa Bibliya.” Sa nakaraang dalawang kapanahunan, hindi sinabi ng Diyos ang mga salitang ito. Wala rin sa Lumang Tipan o Bagong Tipan ang mga salitang gayon kalinaw at kasimpleng sinabi. Itinatala lamang ng Bibliya ang napakalimitadong bahagi ng mga salita ng Diyos. Kung titingnan ang sinasabi ng Diyos ngayon, napakasagana ng nilalaman nito. Pagkatapos, sa kanilang puso ay nakakaramdam ng selos at inggit ang mga anticristo, at nagsisimula silang magpakana sa loob-loob nila: “Napakaraming nasasabi ng ordinaryong taong ito; kailan ko rin kaya masasabi ang mga salitang ito? Gaya ng taong ito, kailan ko kaya masasabi nang walang patid ang mga salita ng diyos?” Mayroon silang gayong pag-uudyok at pagnanais sa kanilang puso. Batay sa pag-uudyok at pagnanais na ito, sa kanilang puso, naiinggit at nagpipitaganan ang mga anticristo sa mga salitang sinasabi ng Diyos. Ginagamit Ko ang mga salitang “naiinggit” at “nagpipitaganan”; batay sa pagkakasabi ng dalawang salitang ito, ang ibig Kong sabihin ay na hindi itinuturing ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan, at wala silang balak na tanggapin ang mga ito, kundi naiinggit sila sa masaganang nilalaman ng mga salitang ito, ang malalawak na saklaw, at ang lalim ng mga salitang ito, na sumasalamin sa lalim na hindi maaabot ng mga tao—at higit pa rito, naiinggit sila na ito ay mga salitang hindi nila masasabi. Mula sa mga aspektong ito ng “inggit,” maliwanag na hindi itinuturing ng mga anticristo ang mga salitang ito ng Diyos bilang mga pagpapahayag ng pagka-Diyos, bilang ang katotohanan, o bilang ang buhay at ang katotohanan na layong gamitin ng Diyos para iligtas ang sangkatauhan at tustusan ang sangkatauhan. Dahil nagagawang kainggitan ng mga anticristo ang mga salitang ito, malinaw na, sa kanilang puso, gusto rin nilang sila ang magpahayag ng mga gayong salita. Batay rito, maraming anticristo ang nagsikap nang labis nang lingid sa kaalaman ng iba, nananalangin araw-araw, nagbabasa ng mga salitang ito araw-araw, nagtatala, nagkakabisado, nagbubuod, at nag-oorganisa. Pinagsikapan nila nang husto ang mga salitang ito na sinabi ng Diyos, gumawa ng napakaraming tala, at isinulat ang maraming kabatiran mula sa kanilang mga espirituwal na debosyon, nanalangin din sila nang napakaraming beses para maalala ang mga salitang ito. Ano ang layon nila sa paggawa ng lahat ng ito? Para isang araw ay maaari silang biglang magkaroon ng bugso ng inspirasyon at magawa nilang walang patid na makapagsalita ng mga salitang sasabihin ng Diyos, tulad ng biglaang bugso ng agos ng tubig; umaasa silang tulad ng mga salita ng Diyos, makapagtutustos ang kanilang mga salita sa mga pangangailangan ng mga tao, makapagbibigay ng buhay sa mga tao, makapagbibigay ng dapat makamit ng mga tao, at makapaggigiit sa mga tao. Ito ay para tulad ng nagkatawang-taong laman ng Diyos, makakatayo sila sa perspektiba at katayuan ng Diyos, at sabihin ang mga bagay na tulad ng sinasabi ng Diyos gamit ang Kanyang tono at paraan ng pagsasalita, gaya ng ninanais nila. Pinagsumikapan ito nang husto ng mga anticristo, at hindi kalabisan na sabihin na

madalas na lihim na kumukuha pa nga ang ilan sa kanila ng mga kwaderno para itala ang mga salitang gusto nilang sabihin, ang mga salitang hinihintay nilang ibigay sa kanila ng Diyos. Gayumpaman, anuman ang gawin nila, palaging hindi natutupad ang mga pagnanais ng mga anticristo, hindi kailanman nagiging totoo ang mga hinihiling nila. Kahit gaano pa sila magsumikap, kahit gaano pa sila manalangin, kahit gaano pa nila itala ang mga salita ng Diyos, o paano man nila ito kabisaduhin at i-organisa, walang saysay ang lahat ng ito. Hindi nagsasalita ang Diyos ng kahit isang pangungusap sa pamamagitan nila, ni hindi tinulutan ng Diyos na marinig nila ang Kanyang tinig kahit isang beses. Kahit gaano pa sila nananabik o gaano man sila kabalisa, sadyang hindi sila makapagsalita ng kahit isang pangungusap ng mga salita ng Diyos. Habang mas nagiging balisa at naiinggit sila, at habang mas nabibigo silang makamit ang kanilang layon, lalo silang naiirita sa loob-loob nila. Ano ang kanilang ikinaiirita, at bakit labis silang balisa? Nakikita nila na nagdadala ng mas maraming tao ang mga salita ng Diyos sa harap Niya upang tanggapin ang paghatol at pagkastigo ng Diyos, at upang tanggapin ang Kanyang salita bilang buhay, pero walang ni isang tao ang sumasamba o humahanga sa kanila sa paanan nila, sa kanilang presensya. Ito ang nagpapabalisa at nagpapairita sa kanila. Sa kanilang pagkairita at pagkabalisa, ang iniisip at pinagbubulayan pa rin ng mga anticristo ay: “Bakit ginagawa ng mga taong ito ang kanilang tungkulin sa sambahayan ng diyos? Bakit iba kapag pumupunta sila sa sambahayan ng diyos kumpara sa mundong walang pananampalataya? Bakit karamihan sa mga tao, pagkatapos pumunta sa sambahayan ng diyos, ay nagsisimula nang umasal nang maayos at patuloy na bumubuti? Bakit ginugugol ng karamihan sa mga tao ang sarili nila at nagbabayad ng halaga sa sambahayan ng diyos nang walang kabayaran, at kahit na kapag pinupungusan sila, hindi sila umaalis, at hindi pa nga umaalis ang ilan kahit na napaalis o napatalsik na sila? Sa kaibuturan, ang mga salita ng diyos ang tanging dahilan, ito ang epekto at papel na ginagampanan ng Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao.” Kapag nakita ng mga anticristo ang puntong ito, lalo silang naiinggit sa mga salita ng Diyos. Kaya, pagkatapos magsumikap nang husto at hindi pa rin nila nagagawang magsalita ng mga salita ng Diyos o maging isang tagapagsalita para sa Diyos, inililipat ng mga anticristo ang kanilang tuon sa mga salita ng Diyos: “Kahit na hindi ako makapagsabi ng mga salita maliban sa sinabi ng diyos, kung makapagsasabi ako ng mga salitang kaayon ng mga salita ng diyos—kahit na mga doktrina lamang o walang kabuluhan ang mga ito—basta’t mukha itong tama sa mga tao, basta’t tila naaayon ang mga ito sa mga salita ng diyos, hindi ba’t puwede akong magkaroon ng puwang sa gitna ng mga tao? Hindi ba’t puwede akong manindigan sa gitna nila? O kung madalas kong ipangangaral at ipaliliwanag ang mga salita sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao, madalas na ginagamit ang mga salitang ito para tulungan ang mga tao, at parang galing sa mga salita ng diyos at parang tama ang lahat ng sinasabi at ipinangangaral ko, hindi ba’t magiging mas matatag ang aking katayuan sa gitna ng mga tao? Hindi ba’t makakakuha ako ng higit na katanyagan sa kanila?” Sa pag-iisip nito, nararamdaman

ng mga anticristo na nakahanap na sila ng paraan para matupad ang kanilang mga hinihiling na magkamit ng katayuan, ng mas mataas na reputasyon at pagkilala, at nakikita nilang may pag-asa na makamit ito. Pagkatapos makakita ng pag-asa, lihim na nasisiyahan ang mga anticristo sa kanilang puso: “Ang talino ko, hindi ba? Walang ibang nakatanto nito; bakit hindi alam ng iba ang paraang ito? Napakatalino ko! Pero gaano man ako katalino, hindi ko ito puwedeng sabihin sa iba; sapat nang alam ko ito sa aking puso.” Nagsimula nang pagsikapan nang husto ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos nang may gayong layon at plano sa kanilang isipan. Iniisip nila, “Dati, sinusulyapan ko lang ang mga salita ng diyos, kaswal lang akong nakikinig, at sinasabi ko ang kahit anong pumasok sa isip ko. Kailangan ko ngayong baguhin ang aking estratehiya; hindi ko na puwedeng gawin iyon, sayang ang oras. Hindi nagbunga ng resulta ang ganoong paggawa ko noon; talagang kahangalan kung magpapatuloy ako nang ganoon!” Kaya, inaayos nila ang kanilang sarili, determinado silang pagsikapan ang mga salita ng Diyos at ipangalandakan ang kanilang mga abilidad. Ano ang mga ginagawa ng mga anticristo upang ipangalandakan ang kanilang mga abilidad? Sinisiyasat nila ang paraan ng pagsasalita at tono ng pananalita ng Diyos, at sinisiyasat din nila ang partikular na nilalaman ng mga salita ng Diyos sa bawat yugto at panahon. Kasabay nito, naghahanda sila kung paano ipapaliwanag ang mga salitang ito ng Diyos, at kung kailan nila ipapangaral ang mga salita ng Diyos, kung paano sabihin at ipaliwanag ang mga ito sa paraang hahangaan at iidolohin sila ng mga tao. Kaya, unti-unti, talagang pinagsumikapan ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos. Gayumpaman, isang bagay ang sigurado: Dahil mali ang kanilang mga motibo sa likod ng pagsisikap na ito at dahil masama ang kanilang mga intensyon, ang mga salitang kanilang sinasabi, paano man sila pakinggan ng iba, ay mga doktrina lamang, mga kinopyang salita at parirala ng pananalita ng Diyos. Kaya, gaano man pagsumikapan ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos, wala sila mismong natatamong personal na pakinabang. Ano ang ibig sabihin ng walang natatamong pakinabang? Ibig sabihin, hindi nila tinatrato ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan. Hindi sila nagsasagawa, kundi nangangaral lamang, kaya walang nakikitang pagbabago sa kanila. Hindi nagbabago ang kanilang mga maling pag-iisip at pananaw, hindi nagbabago ang kanilang maling pananaw sa buhay, wala silang anumang pagkaunawa tungkol sa kanilang sariling mga tiwaling disposisyon, at ganap silang nabigo na ihambing ang kanilang sarili sa iba’t ibang kalagayan ng tao na inilarawan ng Diyos. Kaya, gaano man siyasatin ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos, dalawa lamang ang nakikitang kalalabasan nila: Una, kahit na tama ang mga salita ng Diyos na kanilang sinasabi, at kahit hindi mali ang kanilang mga paliwanag sa mga salitang ito, wala kang nakikitang anumang pagbabago sa kanila. Pangalawa, gaano man nila masigasig na itaguyod at ipangaral ang mga salita ng Diyos, wala silang anumang kaalaman sa kanilang sarili. Malinaw itong maoobserbahan. Ang dahilan kung bakit nagpapakita ng gayong pag-uugali ang mga anticristo ay dahil kahit na madalas nilang itaguyod at ipangaral ang mga salita ng Diyos sa iba, hindi nila mismo tinatanggap

na katotohanan ang mga salita ng Diyos. Hindi nila mismo tinanggap ang mga salitang ito; gusto lamang nilang gamitin ang mga ito upang makamit ang kanilang mga lihim na motibo. Umaasa silang magkamit ng katayuan at mga pakinabang na ninanais nila sa pamamagitan ng pangangaral ng mga salita ng Diyos, at kung ituturing at sasambahin sila ng mga tao na parang diyos sila, magiging ideyal iyon. Kahit na hindi pa nila natatamo ang ganitong balak o resulta, ito ang pinakalayon ng bawat anticristo.

Pinagsumikapan nang husto ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos; maaaring magkamali ng pagkaunawa ang ilang tao kapag narinig nila ito at magtanong, “Ibig bang sabihin nito na anticristo ang lahat ng nagsisikap sa mga salita ng Diyos?” Kung ito ang interpretasyon mo, wala kang espirituwal na pang-unawa. Ano ang pagkakaiba ng pagsisikap ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos at ng pagsisikap ng mga naghahangad sa katotohanan? (Magkaiba ang intensyon at layon. Pinagsisikapan ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos para sa kanilang sariling kapakinabangan at katayuan, para matugunan ang kanilang mga personal na ambisyon.) Ano ang pagsisikap ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos? Kinakabisado nila ang mga bahagi ng mga salita ng Diyos na umaayon sa kanilang mga kuru-kuro, natututunan nilang ipaliwanag ang mga salita ng Diyos gamit ang wika ng tao, at isinusulat ang ilang espirituwal na tala at kabatiran. Sinasala, binubuod, at inoorganisa rin nila ang iba’t ibang pahayag ng Diyos, tulad ng mga pinaniniwalaan ng mga tao na medyo umaayon sa mga kuru-kuro ng tao, iyong madaling mahiwatig na may tono ng pagsasalita ng Diyos, ilang salita tungkol sa mga misteryo, at ilang salita ng Diyos na popular at madalas na ipinapangaral sa iglesia sa loob ng isang panahon. Bukod sa pagkakabisado, pag-oorganisa, pagbubuod, at pagsusulat ng mga kabatiran, siyempre, may iba pa, kabilang na ang ilang kakaibang aktibidad. Magbabayad ng anumang halaga ang mga anticristo upang magtamo ng katayuan, matugunan ang kanilang ambisyon, at makamit ang layon nilang makontrol ang iglesia at maging diyos. Madalas silang nagpapakapuyat sa pagtatrabaho at gumigising nang madaling-araw, gumagawa nang dis-oras ng gabi at ineensayo ang kanilang mga sermon sa madaling araw, at itinatala rin nila ang matatalinong bagay na sinasabi ng iba, para lamang sangkapan ang kanilang sarili ng mga doktrinang kailangan nila para makapagbigay ng matatayog na sermon. Araw-araw nilang pinagninilayan kung paano ipapahayag ang matatayog na sermong ito, pinagbubulay-bulayan kung alin sa mga salita ng Diyos ang pinakakapaki-pakinabang, at ang makapagpapahanga at makaaani ng papuri mula sa hinirang na mga tao ng Diyos, at pagkatapos ay kinakabisado nila ang mga salitang iyon. Pagkatapos ay pag-iisipan nila kung paano bigyang kahulugan ang mga salitang iyon sa paraang naipapakita ang kanilang dunong at katalinuhan. Upang talagang maikintal ang salita ng Diyos sa puso nila, sinisikap nilang makinig sa salita Niya nang ilang beses pa. Ginagawa nila ang lahat ng ito nang may pagsisikap katulad ng mga estudyanteng iyon na nakikipagkompetensiya para makapasok sa kolehiyo. Kapag may isang taong nagbibigay ng magandang sermon, o may isang nagbibigay ng kaunting pagtanglaw, o may isang nagbibigay ng ilang teorya,

titipunin at pagsasama-samahin ito ng isang anticristo at gagawin niya itong sarili niyang sermon. Walang tindi ng pagsisikap ang masyadong malaki para sa isang anticristo. Ano, kung gayon, ang motibo at intensyon sa likod ng pagsisikap niyang ito? Ito ay ang magawang ipangaral ang mga salita ng Diyos, ang masabi ang mga ito nang malinaw at walang kahirap-hirap, ang magkaroon ng kadalubhasaan sa mga ito, nang sa gayon ay makita ng iba na mas espirituwal ang anticristo kaysa sa kanila, mas mapagpahalaga sa mga salita ng Diyos, at mas mapagmahal sa Diyos. Sa ganitong paraan, maaaring makuha ng isang anticristo ang paghanga at pagsamba ng ilan sa mga taong nasa paligid niya. Pakiramdam ng isang anticristo ay may katuturang gawin ang bagay na ito at sulit ang kahit ano pang pagsisikap, pagbabayad, o paghihirap para rito. Pagkatapos ng dalawa, tatlo, limang taon ng pagsisikap na ito, unti-unting nagiging pamilyar ang mga anticristo sa paraan ng pagsasalita ng Diyos at sa nilalaman at tono ng Kanyang mga salita; kaya pa ngang gayahin ng ilang anticristo ang mga salita ng Diyos o magbigkas ng ilang pangungusap ng mga ito tuwing nagsasalita sila. Siyempre, hindi ito ang pinakamahalaga para sa kanila. Ano ang pinakamahalaga? Habang nagagawa nilang gayahin at bigkasin ang mga salita ng Diyos kapag gusto nila, nagiging higit na katulad sa diyos, at higit na katulad ng kay cristo, ang kanilang paraan ng pagsasalita, tono, at maging ang kanilang intonasyon. Ikinatutuwa ito ng mga anticristo sa kanilang puso. Ano ang ikinatutuwa nila? Lalo nilang nararamdaman na napakaganda kung magiging diyos sila, na maraming tao ang umiidolo at pumapaligid sa kanila—magiging napakarangal niyon! Iniuugnay nila ang lahat ng nakamit na ito sa mga salita ng Diyos. Naniniwala sila na ang mga salita ng Diyos ang nagbigay sa kanila ng pagkakataon, ang nagbigay ng inspirasyon sa kanila, at higit pa, dahil sa mga salita ng Diyos kaya natutunan nilang gayahin ang paraan ng pagsasalita at tono ng Diyos. Sa huli, dahil dito ay naramdaman nila na lalo silang gaya ng diyos, na lalo na silang napapalapit sa pagkakakilanlan at katayuan ng diyos. Higit pa rito, pinaparamdam nito sa kanila na ang kakayahang gayahin ang paraan ng pagsasalita at tono ng Diyos, ang magsalita at mamuhay nang may paraan ng pagsasalita at intonasyon ng Diyos, ay labis na kasiya-siya, na nagiging pinakamasayang sandali nila. Narating na ng mga anticristo ang puntong ito—masasabi ba ninyo na mapanganib ito? (Oo.) Nasaan ang panganib? (Gusto nilang maging diyos.) Mapanganib ang kagustuhang maging diyos, tulad ni Pablo, na nagsabing para sa kanya ang mabuhay ay si cristo. Wala nang pag-asang matubos ang isang tao kapag nasabi na ang mga gayong salita. Tinatrato ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos bilang daan upang maging diyos. Sa prosesong ito, ano ang nagawa ng mga anticristo? Nagsumikap na sila nang husto, gumugol ng maraming enerhiya at oras sa mga salita ng Diyos. Sa panahong ito, siniyasat at sinuri nila ang mga salita ng Diyos, paulit-ulit na binabasa, kinakabisado, at inoorganisa ang mga ito. Ginaya pa nga nila ang paraan ng pagsasalita at tono ng Diyos habang binabasa ang Kanyang mga salita, lalo na ang mga karaniwang ginagamit na parirala sa pananalita ng Diyos. Ano ang diwa ng lahat ng kilos na ito? Dito, inilalarawan Ko ito

bilang diwa ng isang negosyante na bumibili ng mga kalakal sa mababang presyo; ibig sabihin, ginagamit ng mga anticristo ang pinakamurang paraan para gawing materyal na bagay na pag-aari nila ang mga salita ng Diyos. Kapag binabasa nila ang mga salita ng Diyos, hindi nila tinatanggap ang mga ito bilang ang katotohanan, ni bilang landas na dapat pasukin ng mga tao at hindi nila itinuturing ang mga ito nang gayon. Sa halip, sinusubukan nila ang lahat ng paraan upang kabisaduhin ang mga salitang ito, ang paraan at tono ng pagsasalita, sa pagtatangkang maging sila ang siyang nagpapahayag ng mga gayong salita. Kapag nagagawang gayahin ng mga anticristo ang tono at paraan ng pagsasalita ng Diyos, at nagagawang gamitin nang husto ang ganitong paraan at tono ng pagsasalita sa kanilang mga pananalita at kilos, nang namumuhay sa gitna ng mga tao, ang pakay nila ay hindi upang tapat na gawin ang kanilang tungkulin, upang gawin ang mga bagay nang may mga prinsipyo, o upang maging tapat sa Diyos. Sa halip, sa pamamagitan ng paggaya sa tono at paraan ng pagsasalita ng Diyos, at sa pamamagitan ng pangangaral ng mga salitang ito ng Diyos, gusto nilang pumasok nang malalim sa puso ng mga tao at maging pakay ng pagsamba ng mga tao. Ninanais nilang umakyat sa trono sa puso ng mga tao at maghari doon, at manipulahin ang mga isipan at pag-uugali ng mga tao, sa gayon ay matamo nila ang mithiin na kontrolin ang mga tao.

Kung ilalarawan natin ang pagsisikap ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos bilang mga negosyante na murang binibili ang mga salita ng Diyos bilang mga kalakal, hindi ba't ang paggaya ng mga anticristo sa paraan ng pagsasalita ng Diyos, ang paggamit nila ng paraan ng pagsasalita at tono ng Diyos upang ipangaral ang Kanyang mga salita, ay kapareho ng pagbebenta sa salita ng Diyos bilang isang kalakal? (Oo.) Walang negosyanteng bumibili ng mga kalakal na hindi nila ibebenta kalaunan. Ang layon nila sa pagkuha at pag-aari ng mga ito ay para kumita nang mas malaki mula sa mga aytem na ito, para ipagpalit ang mga ito sa mas maraming pera. Kaya, ang lubos na pagsisikap ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos at ang kanilang saloobin sa mga ito ay katulad lamang ng mga anticristo na kumikilos gaya ng mga negosyante para makuha ang mga ito gamit ang pinakamura, pinakamababang halaga, at pinakamadaling paraan, ginagawang kanilang sariling pag-aari ang mga ito, at pagkatapos ay ibinebenta ang mga ito sa mas mataas na halaga upang makamit ang mga pakinabang na kanilang ninanais. At ano ang mga pakinabang na ito? Ito ay ang mataas na pagpapahalaga, pag-iidolo, paghanga ng mga tao, at lalo na ang kanilang pagsunod. Kaya, karaniwan na makakikita sa iglesia ng isang penomenon kung saan ang isang tao na sa esensya ay hindi isinasagawa ang mga salita ng Diyos at hindi kilala ang sarili ay maraming tagasunod, maraming umaasa at umiidolo sa kanya. Ano ang dahilan nito? Ito ay dahil tusong magsalita, magaling magpaliwanag, at madaling manlihis ng mga tao ang taong ito. Hindi niya isinasagawa ang mga salita ng Diyos, hindi rin niya pinangangasiwaan ang mga bagay ayon sa mga prinsipyo, at nabibigo rin siyang ipatupad ang gawain ng iglesia at mga pagsasaayos mula sa ang Itaas. Pero bakit pa rin siya nakapag-iiwan ng magandang impresyon sa ilang tao? Kapag may talagang nangyayari sa kanya, bakit

pinagtatakpan at pinoprotektahan siya ng maraming tao? Bakit siya ipinagtatanggol ng ilang tao kapag isa siyang lider? Bakit may ilang tao na humahadlang sa kanyang pagkatanggal? Ang dahilan kung bakit nakakatanggap pa rin ng gayong pagtrato sa iglesia ang isang taong puno ng mga kapintasan, puno ng tiwaling disposisyon ni Satanas, at hindi kailanman nagsasagawa sa katotohanan ay dahil lamang ang taong ito ay masyadong mahusay magsalita, masyadong mahusay magkunwari, at masyadong mahusay sa panlilihis ng mga tao—ganoon mismo ang mga anticristo. Kung gayon, puwede ba nating sabihin na mga anticristo ang mga gayong tao? Oo, siguradong mga anticristo ang gayong mga tao. Madalas nilang binabasa ang mga salita ng Diyos, madalas nilang kinakabisado at ipinapangaral ang mga ito, madalas nilang ginagamit ang mga salita ng Diyos upang sermunan at pungusan ang iba, at ginagamit na parang kanila ang perspektiba at mga paninindigan ng Diyos para sermunan ang mga tao, ginagawa silang ganap na masunurin at sunud-sunuran sa kanila, at natitigilan ang mga tao matapos marinig ang mga engrandeng doktrina na kanilang sinasabi. Pero ang mga gayong tao ang mga hindi kailanman nakakakilala sa sarili at hindi kailanman pinapangasiwaan ang mga bagay ayon sa mga prinsipyo. Kung isa silang lider, walang nagiging bisa ang mga nakatataas nilang lider. Nagiging imposibleng maunawaan ang sitwasyon sa iglesia sa ilalim ng kanilang pamumuno. Sa kanilang presensya, hindi maipapatupad ang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, ang mga prinsipyo at mga hinihingi na itinakda ng sambahayan ng Diyos. Hindi ba't mga anticristo ang mga gayong tao? Tinuturing ba nila ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan? (Hindi.) Pinagsisikapan nila ang pagbabasa ng mga salita ng Diyos at kaya nilang bigkasin ang ilan sa mga ito. Sa mga pagbabahaginan sa mga pagtitipon, madalas nilang binabanggit ang mga salita ng Diyos, at sa kanilang libheng oras, pinakikinggan nila ang mga recording ng pagbigkas ng mga salita ng Diyos. Kapag nakikipag-usap sila sa iba, ginagaya lamang nila ang mga salita ng Diyos at wala nang iba pang sinasabi. Walang kapintasan ang lahat ng kanilang ipinapangaral at sinasabi. Ang gayong tao, na tila perpekto sa panlabas, isang diumano'y "tamang tao," ay nagiging sanhi ng pagkaudlot ng mga pagsasaayos ng gawain, hinihingi, at prinsipyo ng sambahayan ng Diyos kapag nakakarating ang mga ito sa kanila. Walang ibang kinikilala ang mga tao sa ilalim nila kundi sila lamang. Ang mga nasa ilalim nila, maliban sa labis na paggalang sa kanila at sa malabong diyos sa langit, ay walang ibang pinakikinggan at binabalewala ang lahat. Hindi ba't isa itong anticristo? Anong mga pamamaraan ang ginamit nila para makamit ang lahat ng ito? Inabuso nila ang mga salita ng Diyos. Ang mga nalilito sa kanilang pananalig, walang espirituwal na pang-unawa, mangmang, magulo ang isip, gayundin ang mga hindi naghahangad sa katotohanan, mga hindi mananampalataya, at parang mga damong hinahangin, ay itinuturing ang anticristo bilang isang espirituwal na tao. Itinuturing nila ang mga salita at doktrinang ipinapangaral ng anticristo bilang ang katotohanang realidad at itinuturing ang anticristo bilang ang kanilang sinusundan. Habang sumusunod sila sa anticristo, naniniwala silang sumusunod

sila sa Diyos. Ginagamit nila ang kanilang pagsunod sa anticristo upang ipalit ang pagsunod sa Diyos. Sinasabi pa nga ng ilang tao, “Hindi pa nagsasalita o nagbabahagi ang aming lider; kahit basahin namin ang mga salita ng Diyos, hindi namin ito mauunawaan nang kami lang.” “Wala ang aming lider dito—nananalangin kami sa Diyos tungkol sa isang bagay pero hindi kami makapagtamo ng liwanag; binabasa namin ang mga salita ng Diyos pero hindi namin maunawaan ang landas. Kailangan naming hintayin na makabalik ang aming lider.” “Abala ang aming lider nitong mga araw at wala siyang oras na lutasin ang aming mga isyu.” Kung wala ang kanilang master, hindi marunong manalangin ang mga taong ito, o kung paano kainin at inumin ang mga salita ng Diyos, hindi nila natutunan na hanapin at umasa sa Diyos o hanapin ang landas ng pagsasagawa sa mga salita ng Diyos nang sila lang. Kung wala ang kanilang master, para silang mga bulag na tao, parang dinukot ang kanilang puso. Ang kanilang master ang kanilang mga mata, pati na ang kanilang mga puso at бага. Naniniwala sila na ang kanilang master ang pinakamahusay sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos. Kung wala ang kanilang master, wala silang interes sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos nang sila lang at kailangan nilang hintayin ang kanilang master na bumalik para magdasal-magbasa at ipaliwanag ang mga salita ng Diyos sa kanila para maunawaan nila. Naniniwala ang mga taong ito sa kaibuturan nila na ang kanilang master ang kanilang sugo na makakatulong sa kanila na makalapit sa Diyos. Ang makamit ang gayong “epekto” ay isang bagay na itinuturing ng mga anticristo na pinakakarapat-dapat na ikagalak sa kaibuturan ng kanilang puso: “Nagbunga na sa wakas ang lahat ng taon ng aking pagsisikap; sa wakas, hindi nasayang ang oras na aking ginugol. Tunay na nagbibigay gantimpala ang pagsisikap sa mga taong matiyaga—kahit ang isang bakal ay maaaring gilingin para maging karayom kung may sapat lamang na pagpupursigi. Sulit ang pagsisikap na ito!” Sa pagkarinig na hindi kayang mabuhay ng kanilang mga tagasunod nang wala ang mga anticristo, hindi nakokonsensiya sa kanilang kaibuturan ang mga anticristo. Sa halip, lihim silang nagagalak, iniisip, “Talagang dakila ang mga salita ng diyos. Tama ang naging desisyon ko noon; tama ang naging pagsisikap ko sa loob ng maraming taon, at napatunayang tama at nagbunga ang aking pamamaraan sa loob ng maraming taon.” Lihim silang natutuwa. Bukod sa wala silang nararamdamang pagkakonsensiya, pagsisisi, o pagkamuhi para sa kanilang masasamang kilos, lalo pa silang nagiging kumbinsido at tiyak na tama ang kanilang pamamaraan. Kaya, sa darating na panahon, sa kanilang buhay sa hinaharap, balak nilang pag-aralan ang paraan ng pagsasalita at tono ng Diyos gaya ng dati, at gawin ito nang mas masigasig kaysa dati, at mas lalo pang gayahin nang mas malawakan at malaliman ang paraan ng pagsasalita at ang mga salitang ginagamit ng Diyos.

Kapag binabasa ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos, ganap na salungat ang kanilang pokus at mga intensyon sa mga taong naghahangad sa katotohanan. Ang mga naghahangad sa katotohanan, kahit ano pa ang paraan ng pagsasalita ng Diyos, ay interesado lamang sa pag-unawa sa mga layunin ng Diyos, sa mga katotohanang

prinsipyo, at sa kung ano ang dapat itaguyod at sundin ng mga tao. Sa kabaligtaran, isinasantabi at binabalewala ng mga anticristo ang mga bagay na ito, tutol pa nga sila sa mga parirala na may kinalaman sa mga bagay na ito, at lihim nilang nilalabanan ang mga parirala at terminong may kinalaman sa mga ito. Matapos makamit ang ilang “resulta,” patuloy nilang mas malalim at mas masusing sinisiyasat ang paraan ng pagsasalita at tono ng Diyos, ang mga himaymay ng Kanyang intonasyon, ang mga salita na Kanyang ginagamit, ni hindi nila pinalalagpas ang mga detalye ng Kanyang gramatika at ang karaniwang pagkakaayos ng Kanyang mga salita, gamit ang paraan na katulad ng dati. Para mapalapit sa kanilang layon, lihim na nagdedesisyon ang mga anticristo sa kanilang puso na siyasatin pa nang mas masusi at mas matindi at malalim ang mga salita ng Diyos, sinisiyasat ang mga layon at mga tiyak na layunin sa likod ng pananalita ng Diyos, at sinisiyasat din ang paraan ng pagpapahayag ng Diyos—ang Tagapagsalita ng humaharap sa sangkatauhan at sa buong sansinukob. Walang kapagurang sinisiyasat ng mga anticristo ang bawat aspekto ng pagsasalita ng Diyos, tinatangkang gayahin ang pananalita ng Diyos at magmukha silang nagtataglay ng diwa ng Diyos, nagtataglay ng kung ano ang mga tinataglay ng Diyos at ang Kanyang pagiging Diyos, at nagtataglay ng disposisyon ng Diyos. Tila nangyayari nang napakanatural at maayos ang lahat ng ito; gumagawa at kumikilos sila para sa kanilang mga layon na parang ito ay isang natural na bagay at—bilang isa ring natural na bagay at nang hindi namamalayan—ginagawa nilang diyos ang kanilang sarili, isang pigura ng paghanga at pagsunod para sa ibang tao. Sinisiyasat nila kung paano inaantig ng mga salita ng Diyos ang puso ng mga tao at inilalantad ang kanilang mga tiwaling disposisyon, kung paano inilalantad ng mga salita ng Diyos ang iba’t ibang kalagayan ng mga tao, at higit pa kung paano nagkaka-epekto ang mga salita ng Diyos sa mga tao. Ano ang layon nila sa pagsisiyasat sa lahat ng ito? Ito ay para pasukin ang puso ng mga tao, maarok ang mga aktuwal na sitwasyon ng mga ito, at, habang lubos na inuunawa ang mga panloob na iniisip ng mga ito, ilihis at kontrolin ang mga ito. Kapag inilalantad ng mga salita ng Diyos ang mga tiwaling disposisyon ng mga tao at tinatamaan ang kanilang mga kahinaan, iniisip ng mga anticristo, “Napakadakila at kamangha-mangha ng mga salita ng ito, ng paraang ito! Gusto ko ring magsalita nang ganito, gusto kong gamitin ang ganitong paraan ng pagsasalita at tratuhin ang mga tao sa paraang ito.” Sa maraming taon ng kanilang pagbabasa at pagiging pamilyar sa mga salita ng Diyos, lalong itinuturing ng mga anticristo ang kanilang hinihiling at pagnanais na maging diyos bilang ang kanilang tanging layon sa pananampalataya sa Diyos. Kaya, paano man talakayin ng mga salita ng Diyos ang tungkol sa paghingi sa mga tao na hangarin ang katotohanan at gawin ang mga bagay ayon sa mga prinsipyo, pati na ang lahat ng iba pang realidad ng mga positibong bagay, hindi ito tinatanggap ng mga anticristo at binabalewala nila ito. Determinado nilang hinahangad ang kanilang sariling tiyak na layunin, ginagawa ang gusto nila ayon sa kanilang sariling mga motibasyon sa pagkilos, na parang walang iba pang tao ang mahalaga. Walang kahit isang pangungusap ng mga salita ng Diyos na

nagpapaantig sa kanilang puso o nagpapabago sa kanilang pananaw sa buhay at sa kanilang pilosopiya para sa mga makamundong pakikitungo, higit pa rito ay wala kahit isang pangungusap, anumang sermon, o anumang pagbigkas mula sa Diyos ang nagdudulot na magkaroon sila ng pusong nagsisisi. Anuman ang inilalantad ng mga salita ng Diyos, anumang mga tiwaling disposisyon ng tao ang inilalantad ng mga ito, sinisiyasat lamang ng mga anticristo ang paraan ng pagsasalita ng Diyos, ang Kanyang tono, ang mga epekto na layong makamit ng mga salita ng Diyos sa mga tao, at iba pa—lahat ng bagay na walang kinalaman sa katotohanan. Kaya, habang lalo pang nakakaharap ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos, lalong tumitindi ang kanilang panloob na pagnanais na maging diyos. Gaano katindi ang pagnanais na ito? Umaabot ito sa punto na binibigkas pa nila ang mga salita ng Diyos sa kanilang mga panaginip, madalas na kinakausap ang kanilang sarili at nagsasanay na ipangaral ang mga salita ng Diyos gamit ang Kanyang paraan ng pagsasalita at tono. Sa kaibuturan ng kanilang puso, palagi nilang inuulit ang paraan ng pagsasalita at tono ng Diyos, na parang sinasapian sila. Gayon ang mga anticristo. Kahit gaano pa kapartikular, kataimtim, o katunay ang mga salita ng Diyos, kahit gaano pa kalaki ang tulong o inspirasyon na ibinibigay nito sa mga tao, nananatiling walang pakialam ang mga anticristo at binabalewala nila ang lahat ng ito. Hindi nila pinapahalagahan ang mga salitang ito ng Diyos. Nasaan ang kanilang puso? Nakatutok sila sa kung paano gayahin ang mga salita ng Diyos sa paraang iidolohin sila ng mga tao. Habang mas matindi ang kanilang pagnanais, mas lalo nilang inaasam na marinig ang tinig ng Diyos at magawang unawain ang layon, nais, at mga iniisip sa likod ng bawat pangungusap na sinabi ng Diyos—maging ang Kanyang pinakatatagong iniisip. Kapag mas matindi ang mga pagnanais at hangarin ng mga anticristo, lalo nilang gustong gayahin ang paraan ng pagsasalita ng Diyos at lalo nilang hinahangad na mabilis na baguhin ang kanilang sarili na maging lalo pang katulad ng diyos sa loob ng maikling panahon, nagtataglay ng paraan ng pagsasalita at tono ng diyos. Bukod dito, ginagamit pa nga ng ilan ang estilo at asal ng diyos sa kanilang mga kilos. Nasa gayong kondisyon ang mga anticristo, namumuhay araw-araw sa ilalim ng mga kaisipan, ideya, intensyon, at motibong ito. Ano ang ginagawa nila? Pinipilit nila ang kanilang sarili araw-araw na tahakin ang landas ng pagiging diyos, pagiging cristo. Naniniwala silang marangal ang landas na ito, na isa itong maliwanag na daan. Kaya, sa mga pagtitipon o mga pagkikita man, paano man ibahagi ng iba ang kanilang pagkaunawa sa mga salita ng Diyos at ang kanilang mga damdamin tungkol sa pagdanas sa mga salita ng Diyos, walang makakaantig sa kanila o makapagpapabago ng kanilang mga layon at nais. Lumalakad sila sa landas patungo sa pagiging cristo, sa pagiging diyos, na parang sinasapian sila, na parang kinokontrol sila ng isang di-nakikitang entidad, na parang may suot silang di-nakikitang mga kadena. Anong uri ng mentalidad ito? Hindi ba't ubod ng sama ito? (Oo.)

Habang binabasa ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos, inaangkin nila ang bawat aspekto nito bilang sarili nilang pag-aari, itinuturing ang mga ito bilang mga kalakal na makapagbibigay sa kanila ng mas higit na pakinabang at ng mas maraming

pera. Kapag nabebenta ang mga kalakal na ito, kapag ipinagyayabang nila ang mga bagay na ito, nakakamit nila ang mga pakinabang na nais nila. Habang lalo nila itong ginagawa, lalong nasisiyahan ang kalooban nila; habang lalo nila itong ginagawa, lalong lumalaki at tumitindi ang pagnanais nilang maging diyos. Anong klaseng saloobin, anong klaseng sitwasyon ito? Bakit napakatindi ng pagnanais ng mga anticristo na maging diyos? Isa ba itong bagay na itinuro sa kanila? Sino ang nag-udyok o nagtagubilin sa kanila? Hinihingi ba ito ng mga salita ng Diyos? (Hindi.) Ito ang landas na pinili ng mga anticristo mismo. Bagama't wala silang tulong mula sa labas, ganadong-ganado sila—bakit nga ba? Tinutukoy ito ng kanilang kalikasang diwa. Walang pagod, walang pag-aalinlangan, at walang pagsisising tinatahak ng mga anticristo ang landas na ito nang walang tulong mula sa labas; kahit paano mo man sila kondenahin, wala itong silbi; paano mo man sila himayin, hindi nila ito tinatanggap o nauunawaan; para silang sinasapian. Tinutukoy ng kanilang kalikasan ang mga bagay na ito. Sa panlabas, tila hindi mapanlaban o mapanirang-puri ang pagtrato ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos. Mas nagsisikap sila—kaysa sa karaniwang tao. Kung hindi mo alam kung ano ang iniisip nila sa loob-loob nila o ang landas na kanilang sinusunod, batay sa mga panlabas na anyo, ang kanilang pagtrato sa mga salita ng Diyos ay tila puno ng pananabik—kahit papaano ay puwedeng gamitin ang salitang ito para ilarawan ito. Pero puwede bang makita ang diwa ng isang tao sa kanyang panlabas na anyo lamang? (Hindi.) Kaya, saan ito makikita? Kahit na mukhang sabik sila sa mga salita ng Diyos, madalas na binabasa at pinakikinggan ang mga ito, at kinakabisado pa nga ang mga ito, at kahit na hindi sila dapat mailarawan bilang mga anticristo batay sa mga panlabas na kilos na ito, pagdating sa pagsasagawa ng mga salita ng Diyos sa mga totoong sitwasyon, ginagawa ba nila ito? (Hindi.) Pagkatapos basahin at kabisaduhin ang mga salita ng Diyos, kapag nahaharap sila sa mga totoong sitwasyon, maaaring banggitin nila minsan ang isang sipi o bigkasin ang ilang pangungusap ng mga salita ng Diyos, nang tumpak pa nga kung minsan. Pero pagkatapos nilang sumipi ng mga salita ng Diyos, pagmasdan ninyo kung ano ang kanilang ginagawa, anong landas ang kanilang tinatahak, at ano ang mga nagiging desisyon nila sa harap ng mga sitwasyon. Kung may kinalaman ito sa kanilang katayuan o isang bagay na maaaring makasira sa kanilang reputasyon o imahe, siguradong hindi sila kikilos ayon sa mga salita ng Diyos. Pinoprotektahan nila ang kanilang sariling imahe at katayuan. Kung may ginawa silang mali, siguradong hindi nila ito aaminin. Sa halip, maghahanap sila ng lahat ng uri ng paraan para pagtakpan ito o iwasan ang isyu, hindi ito binabanggit at ipinapasa pa nga ang sisi sa iba para sa kanilang naging pagkakamali kaysa aaminin ang kanilang sariling kasalanan. Pinagsisikap nila ang pagbabasa ng mga salita ng Diyos at ang pagpoprotekta sa kanilang katayuan, pero pagdating sa pagsasantabi sa kanilang mga sariling interes at pagtitiis ng pisikal na hrap para isagawa ang katotohanan at kumilos ayon sa mga katotohanang prinsipyo, pagmasdan ninyo kung paano sila pumipili. Kung kikilos sila ayon sa mga prinsipyo, para protektahan ang mga interes ng sambahayan

ng Diyos kahit sino pa ang masaktan o masalungat, gagawin ba nila ito? Hinding-hindi. Ang protektahan palagi ang kanilang sarili ang una nilang pipiliin. Kahit na alam nila kung sino ang may kasalanan o sino ang gumawa ng kasamaan, hindi nila ito ilalantad. Maaaring lihim pa nga silang magalak sa kanilang puso. Kung may isang tao na maglalantad sa masasamang tao, ipagtatanggol pa nila ang mga ito at gagawan ng mga palusot. Malinaw na ang mga anticristo ay mga taong nagagalak sa kapahamakan ng iba. Anuman ang sitwasyon na kanilang kinakaharap, pagmasdan ninyo kung ano ang kanilang pinipili at kung anong landas ang kanilang tinatahak. Kung pipiliin nilang kumilos ayon sa mga katotohanang prinsipyo, ibig sabihin ay nagbunga na ang kanilang pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos. Kung hindi, paano man nila kainin at inumin ang mga salita ng Diyos o gaano man nila ito kabisaduhin, wala itong silbi—hindi pa rin nila itinuturing ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan. Bukod pa rito, kilala ba ng mga anticristo ang kanilang sarili? (Hindi.) Sinasabi ng ilang tao, “Pero kinikilala naman ng mga anticristo ang kanilang kayabangan at pagmamatuwid sa sarili, sinasabing mga diyablo at mga Satanas sila.” Sinasabi lang nila ang mga ito, pero ano ang aktuwal nilang ginagawa kapag nahaharap sa isang totoong sitwasyon? Kung may isang tao na nakikipagtulungan sa isang anticristo at nagsabi ng isang tamang bagay, isang bagay na ayon sa mga katotohanang prinsipyo na sumasalungat sa maling sinabi ng anticristo, at kung tumanggi ang taong iyon na sumunod sa sinasabi ng anticristo, mararamdaman ng anticristo na napinsala ang kanyang imahe at katayuan. Ano ang pipiliin niya kung gayon? Pipiliin ba niyang isantabi ang kanyang sarili para makinig sa ibang tao at kumilos ayon sa mga katotohanang prinsipyo? Hinding-hindi. Kaya, may silbi ba ang mga tamang salita na sinasabi niya? Sinasalamain ba nito ang kanyang realidad, ang kanyang tunay na tayog, ang kanyang mga desisyon, o ang landas na kanyang tinatahak? Hindi, hindi bunga ng kanyang karanasan ang mga salitang iyon; natutunan lamang nila ang mga salitang ito. Mga doktrina, mapanlinlang na mga salita lamang ang lumalabas sa kanilang bibig. Sa sandaling masangkot ang kanilang katayuan o pansariling interes, ang unang pinipili ng mga anticristo ay ang ingatan at protektahan palagi ang kanilang sarili, ang papurulin at ilihis ang iba, at iwasan ang anumang pananagutan o pag-amin ng anumang pagsalangsang. Kung isasaalang-alang ang mga diwang ito ng mga anticristo, hinahangad ba nila ang katotohanan? Binabasa ba nila ang mga salita ng Diyos para maunawaan ang katotohanan at maabot ang punto kung saan maisasagawa nila ang katotohanan? Hindi. Batay sa mga intensyon at layon ng mga anticristo sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos, hindi nila kailanman makakamit ang pagkaunawa sa mga ito. Dahil hindi nila binabasa ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan na dapat maarok, kundi bilang isang kasangkapan para makamit ang mga layon nila. Bagaman hindi tuwirang sinasabi ng mga anticristo, “Gusto kong maging diyos, gusto kong maging cristo,” malinaw ang kanilang layon na maging cristo mula sa diwa ng kanilang mga kilos at diwa ng kanilang pagtrato sa mga salita ng Diyos. Paano ito maoobserbahan? Ginagamit nila ang mga salita ng Diyos at ang nakikita nilang

ibinubunyag ng Diyos, tulad ng mga pag-aari ng Diyos at ang Kanyang pagiging Diyos at iba pa, para ilihis ang mga tao, para ilihis ang mga hindi nakakaunawa sa katotohanan, ang mga mangmang, ang mga may mababang tayog, ang mga hindi naghahangad sa katotohanan, mga hindi mananampalataya, at maging ang ilang masamang tao. Pinapaniwala nila ang mga taong ito na taglay nila ang katotohanan, na mga tamang tao sila, at na karapat-dapat silang hangaan at asahan. Nilalayon ng mga anticristo na asahan sila at dumulog sa kanila ang mga taong ito, at kapag nangyayari ito, nasisiyahan ang kalooban nila.

Hindi kailanman inaamin ng mga anticristo na natatangi ang Diyos; hindi nila kailanman inaamin na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan, ni hindi rin nila kailanman inaamin na ang Diyos lamang ang makakapagpahayag ng katotohanan. Batay sa kanilang saloobin sa mga salita ng Diyos, sa kanilang pagsisikap sa mga salita ng Diyos, at sa kanilang pagnanais na maging diyos, na maging cristo, naniniwala ang mga anticristo na madali para sa isang tao na maging diyos, na isang bagay ito na maaaring makamit ng mga tao. Sinasabi nila, “Tinatawag na cristo ang diyos na nagkatawang-tao dahil lamang nakakapagsalita siya ng kaunting salita ng diyos, hindi ba? Hindi ba’t tagapagsalita lamang siya ng mga salita ng diyos? Hindi ba’t tungkol lamang ito sa pagkakaroon ng maraming tao na sumusunod sa kanya? Kaya, kung may gayon ding katayuan at reputasyon sa mga tao ang isang tao, kung iniidolo at tinitingala rin sila ng gayon kadamang tao, hindi ba’t puwede rin nilang tamasahin ang pagtrato bilang cristo, ang pagtrato bilang diyos? Para matamasa ang pagtrato bilang cristo, para matamasa ang pagtrato bilang mayroong pagkakakilanlan at diwa ng diyos, hindi ba’t ginagawa nitong diyos ang isang tao? Ano ang napakahirap doon?” Kaya, likas ang pagnanais ng mga anticristo na maging diyos; pareho silang may ambisyon at diwa ni Satanas. Dahil nga mga anticristo sila at nagtataglay ng diwa ng mga anticristo kaya ipinapakita nila ang mga reaksiyong ito sa mga salita ng Diyos. Para sa mga anticristo, ang nagpapasaya sa kanila ay na ang Diyos ay nagkatawang-tao; puwedeng marinig ng mga tao ang Kanyang mga salita, at kasabay nito, puwede Siyang makita ng mga tao. Isa Siyang ordinaryong tao na puwedeng mahawakan at makita, at dahil nga nakapagsasalita nang napakarami ang ordinaryo, di-mahalaga, at di-kapansin-pansing taong ito at natatawag na Diyos, kaya nakikita ng mga anticristo na dumating na sa wakas ang kanilang pagkakataon na maging diyos. Kung hindi nagsalita ang ordinaryong taong ito, iisipin ng mga anticristo na napakaliit ng kanilang pag-asa na maging diyos o cristo. Pero dahil nga nagsalita ng mga salita ng Diyos at gumawa ng gawain ng Diyos ang ordinaryong taong ito, kumakatawan sa Diyos upang iligtas ang mga tao sa gitna nila, nakikita ito ng mga anticristo bilang kanilang pagkakataon, bilang isang pagkakataon na dapat samantalain, na nagbibigay sa kanila ng higit pang palatandaan para gayahin ang pagsasalita ng Diyos, ang Kanyang tono at paraan ng pagsasalita, at maging ang Kanyang disposisyon, unti-unting ginagawa ang kanilang mga sarili na mas katulad ng diyos, mas katulad ni cristo. Kaya, sa kaibuturan ng puso ng mga anticristo, nararamdaman

nila na lalo silang nagiging katulad ng diyos, na lalo nilang nagiging kahawig ang diyos. Labis silang naiinggit sa isang Diyos na pinagpipitaganan, sinusundan, at inaasahan sa lahat ng bagay, isang Diyos na hinahanap at tinitingala ng mga tao sa lahat ng bagay. Kinaiinggitan nila ang pagkakakilanlan at personal na halaga ni Cristo. Ano ang iniisip ng mga anticristo sa kanilang puso? Hindi ba't madilim at buktot ang kaibuturan ng kanilang puso? Hindi ba't kamuhi-muhi, karumal-dumal, at kahiya-hiya ang kaibuturan ng kanilang puso? (Oo.) Talagang kasuklam-suklam sila!

Sinasabi ng ilang tao, "Nakinig kami sa Iyong pagsasalita tungkol sa mga anticristo, pero bakit hindi pa kami nakakakita ng gayong tao? Kuwento-kuwento lang ba ang sinasabi Mo? Tinatalakay Mo ba ang mga bagay na hindi makatotohanan?" Sa palagay ba ninyo ay may mga gayong tao? (Oo.) Ilan na ang inyong nakilala? Isa ba kayo sa kanila? (Ipinapakita rin namin ang mga kalagayang ito at ibinubunyag ang mga gayong aspekto. Hindi kasinglala ng sa mga anticristo ang mga ito, pero pareho ang kalikasang diwa.) Sa palagay ninyo, mapanganib ba ang pagkakaroon ng mga ganitong kalagayan? (Oo.) Kung alam ninyo na mapanganib ito, kailangan ninyong magbago. Madali bang magbago? Sa totoo lang, maaaring maging madali at mahirap ito. Kung tatanggapin mo ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan na dapat sundin, gaya lamang ng sinabi ng Panginoong Jesus, "Ang magiging pananalita ninyo ay, 'Oo, oo; Hindi, hindi,'" kung gayon ay talagang makakapagsisi ka. Halimbawa, sinasabi ng Diyos na ipatupad mo ang isang bagay, sinasabi Niya, "Pagkatapos mong kumain, dilaan mo ang mangkok hanggang sa magmukha itong nahugasan. Ito ay para makatipid sa pagkain at maging malinis." Simple ba ang mga tagubiling ito? Madali bang ipatupad ang mga ito? (Oo.) Kung gumawa ang Diyos ng ganitong kahilingan, ng ilang pangungusap lamang na ito, nang hindi tinatalakay ang mga suliranin ng mga tao o ang kanilang mga kalagayan, o tinatalakay ang mga tiwaling disposisyon, at hindi pinag-iiba ang iba't ibang sitwasyon, paano mo ipatutupad at isasagawa ang isang bagay na ito? Para sa iyo, mga salita ng Diyos ang mga pangungusap na ito, ang mga ito ang katotohanan, at isang bagay ito na dapat mong sundin. Ang dapat mong gawin ay sumunod sa hinihingi ng Diyos araw-araw, sa tuwing pagkatapos kumain—kung gayon ay sinusunod mo ang daan ng Diyos, itinuturing ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan, bilang dapat mong sundin. Nagiging isang tao kang nagsasagawa ng mga salita ng Diyos, at sa pinakasimpleng bagay na ito, naiwaksi mo na ang disposisyon ng isang anticristo. O kaya naman, pagkatapos mong marinig ang kaunting salitang ito, maaaring berbal na sumang-ayon ka at matandaan mo ang mga ito, pero pagkatapos mong kumain, kapag nakakita ka ng ilang butil ng bigas sa mangkok, iniisip mo, "Abala ako sa ibang bagay!" at iiwan na lamang ang mangkok nang ganoon. At sa susunod na pagkain, ganoon ulit ang gagawin mo. Tinatandaan mo ang mga tagubiling ito mula sa Diyos, pero walang eksaktong araw kung kailan mo talaga isasagawa ang mga ito. Sa paglipas ng panahon, nakalimutan mo ang mga salitang ito. Kaya bukod sa hindi mo naisagawa ang mga ito, binalewala mo rin ang mga salita ng Diyos. Nagiging anong klaseng tao ka dahil dito? Kung hindi

mo ipapatupad ang mga salitang ito, isa ka bang taong makakasunod sa daan ng Diyos kapag narinig mo ang Kanyang mga salita? Isa ka bang taong naghahangad sa katotohanan? Malinaw na hindi. Kung hindi naghahangad sa katotohanan ang isang tao, puwede ba siyang ituring na isang anticristo? Katumbas na ba ng pagiging isang anticristo ang hindi pagsasagawa ng katotohanan? (Hindi.) Itinuturing ng ganitong klaseng tao ang mga salita ng Diyos na parang hangin na dumaan lamang sa kanyang mga tainga, bilang isang bagay na hindi mahalaga, hindi niya isinasagawa ang mga ito, at hindi ito masyadong pinag-iisipan—basta na lamang niyang nakakalimutan ang mga ito. Hindi ito isang anticristo. May isa pang uri ng tao na, pagkatapos marinig ang mga tagubiling ito mula sa Diyos, iniisip niya: “Dilaan ang mangkok pagkatapos kumain? Nakakahiya! Hindi ako pulubi, at saka, hindi naman parang wala nang pagkain. Hindi ko talaga gagawin iyon! Bahala na ang mga handang dilaan ang kanilang mga mangkok.” Kapag may nagsabi, “Ito ang hinihingi ng Diyos,” iniisip nila, “Kahit hinihingi ito ng diyos, hindi ito katanggap-tanggap. Hindi dapat humingi ng mga gayong bagay ang diyos. Hindi ang katotohanan ang mga salitang ito! Nagsasabi rin ang diyos ng mga bagay na hindi kapansin-pansin, walang lohika, at hindi masyadong dakila. Hindi lahat ng kahilingan ng diyos sa mga tao ay talagang ang katotohanan. Para sa akin, parang hindi naman ang katotohanan ang partikular na kahilingang ito. Sinabi ng panginoong Jesus, ‘Sinumang gumagawa ng kalooban ng Aking Ama na nasa langit, ay siyang Aking kapatid na lalaki at Aking kapatid na babae, at ina.’ Katotohanan ang ganitong mga salita! Pagiging malinis ba ang pagdila sa mangkok? Sapat na ang hugasan na lang ito nang direktso. Bakit kailangang padilaan sa amin ang mga mangkok? Hindi tumutugma ang kahilingang ito sa aking mga kuru-kuro o imahinasyon; hindi ito katanggap-tanggap saanman. Papadilaan sa akin ang mangkok—hindi mangyayari iyan! Ganyan ba ang kahulugan ng kalinisan? Hinuhugasan ko ang mangkok ko gamit ang tubig, gamit ang pang-disempekta—iyan ang kalinisan para sa akin!” Pagkatapos marinig ang mga salitang ito, may sariling mga isipin at panloob na pagtutol ang ganitong uri ng tao; nanunuya pa nga sila at naninirang-puri. Dahil galing sa Diyos ang mga salitang ito, hindi sila naglalakas-loob na husgahan ang mga ito nang lantaran, pero hindi ibig sabihin nito na wala silang mga opinyon o mga kuru-kuro tungkol dito. Saan napapamalas ang kanilang mga opinyon at kuru-kuro? Hindi nila tinatanggap o isinasagawa ang mga salitang ito; mayroon silang sariling mga kaisipan tungkol dito, at kaya nilang husgahan ito at bumuo ng mga kuru-kuro tungkol dito. Kaya, kapag natapos na silang kumain at nakita nilang may ilang tao na dinidilaan ang kanilang mangkok, hindi nila ito ginagawa, nagkikimkim pa nga sila sa kanilang puso ng paghamak para sa mga nagsasagawa ayon sa mga salita ng Diyos. Ang kanilang panlabas na anyo ay kadalasang nagbubunyag ng panunuya at panghahamak, at maging ng saloobin ng pagnanais na itama ang pag-uugali ng iba. Hindi lamang sila hindi kumikilos ayon sa sinasabi ng Diyos, kundi kumikilos pa sila nang taliwas dito, kumikilos nang salungat sa sinasabi ng Diyos. Ginagamit nila ang kanilang mga kilos upang itatwa ang mga kahilingan ng Diyos, para labanan ang sinabi ng Diyos, at

nagsusumikap din silang makakuha ng mas maraming pansin sa pamamagitan ng kanilang mga kilos, kinukumbinsi ang mas maraming tao na hindi tama ang sinasabi ng Diyos, at na ang paraan lamang nila ang tama, inaakay ang mas maraming tao na labanan at kondenahin ang mga salita ng Diyos. Sadyang hindi sila kumikilos ayon sa tagubilin ng Diyos; tuwing pagkatapos kumain, hindi lamang nila hinuhugasan ng tubig ang kanilang mangkok kundi hinuhugasan pa ito nang paulit-ulit gamit ang pang-disempekta at sabon, at pagkatapos ay iniisterelisa pa ito sa disinfection cabinet. Habang ginagawa nila ito, hindi rin sinasadya na nakakapagsabi sila ng ilang pahayag, sinasabi sa lahat, “Sa totoo lang, hindi nakakapatay ng mga mikrobyo ang pagdila, at maging ang paghuhugas gamit ang tubig. Tanging sa paggamit ng pang-disempekta, kasama ang mataas na temperatura, ito puwedeng ganap na ma-esterelisa. Iyon ang pagiging malinis.” Bukod sa tinatanggihan nila ang sinasabi ng Diyos o hindi sila nagsasagawa ayon sa tagubilin ng Diyos, ginagamit din nila ang kanilang sariling mga salita at gawa para labanan, kondenahin, at husgahan ang hinihingi ng Diyos. Ang mas matindi pa, ginagamit nila ang ilang opinyon na sa tingin nila ay tama para udyukan at ilihis ang mas maraming tao na sumama sa kanila sa pagkondena, paglaban, at paghusga sa mga hinihingi ng Diyos. Anong papel ang ginagampanan nila rito? Hindi ito upang akayin ang mas maraming tao na makinig sa mga salita ng Diyos at magpasakop nang walang kondisyon sa Diyos, ni upang lutasin ang mga kuru-kuro ng mga tao kapag lumitaw ang mga ito, ni upang lutasin ang mga kontradiksyon sa pagitan ng mga tao at ng Diyos o ang mga tiwaling disposisyon ng mga tao kapag lumitaw ang mga gayong kontradiksyon. Sa halip, hinihikayat at nililihis nila ang mas maraming tao para husgahan ang Diyos, hinihikayat ang mga ito na sumali sa pagsusuri at pagsisiyasat sa katumpakan ng mga salita ng Diyos. Sa panlabas, para silang tagapagtanggol ng katarungan, tila tama ang ginagawa nila. Pero nararapat ba ang tamang asal na ito sa isang taong sumusunod sa Diyos? Ito ba ang pagpapahalaga ng tao sa katarungan? (Hindi.) Kung ganoon, ano ba mismo ang diwa ng ganitong uri ng tao sa likod ng kanilang pag-uugali? (May diwa sila ng mga anticristo, ng mga diyablo.) Bukod sa nabibigo ang mga indibidwal na ito na ituring ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan, ang mas kahiya-hiya ay kaya nilang magbalatkayo bilang mga espirituwal na tao, madalas na ginagamit ang mga salita ng Diyos para tagubilinan ang iba, sa gayon ay pinapaganda ang kanilang sarili at nakakakuha ng paghanga. Sila mismo ay hindi isinasagawa ang mga salita ng Diyos, ni itinuturing ang mga ito bilang ang katotohanan na dapat danasin at ipatupad. Pero, madalas nilang sinasabi sa iba nang mahigpit at seryoso: “Sinabi ng diyos, pagkatapos kumain, dilaan ang iyong mangkok para malinis ito; mabuting gawi ito at matipid sa pagkain.” Sa bawat salita at pangungusap, ibinabandera nila na ito ay “Sinabi ng diyos,” “Ito ay salita ng diyos,” o “Ito ang katotohanan,” pero sila mismo ay hindi tinatanggap o isinasagawa ito. Bukod dito, gumagawa sila ng iba’t ibang paghusga at nakalililang na interpretasyon ng mga salita ng Diyos. Ito ang ginagawa ng mga anticristo.

Yamang kakatapos lang nating suriin ang mga pagpapamalas ng tatlong uri ng mga tao, alin ang pinakamalubha? (Ang panghuling uri.) Hindi isinasagawa ng ganitong uri ng tao ang mga salita ng Diyos at punung-puno ito ng iba't ibang pagtutol at panghuhusga laban sa mga salita ng Diyos. Bukod dito, ginagamit nila ang mga salita ng Diyos para linlangin ang iba at makamit ang kanila mismong mga layon. Mga anticristo ang mga gayong tao. Anuman ang aspekto ng mga salita ng Diyos, kahit na naaayon sa kanilang mga kuru-kuro ang mga salitang ito, hindi nila itinuturing ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan; lalo na sa mga salita ng Diyos na ganap na sumasalungat sa mga kuru-kuro, tradisyonal na kultura, at pilosopiya ng tao—mas mababa pa ang pagpapahalaga ng mga anticristo sa mga salitang ito. Bakit nila ipinangangaral ang mga salita ng Diyos kung hindi nila itinuturing na mahalaga ang mga ito? Gusto nilang gamitin ang mga salita ng Diyos para tuparin ang kanilang mga layon. Ang panghuling uri ang pinakamapanganib sa tatlong uri ng tao. Paano naman ang unang uri? (Nakikinig sila sa mga salita ng Diyos at isinasagawa ang mga ito.) Sa tingin ba ninyo ay walang isip ang mga nakikinig sa mga salita ng Diyos at ang mga nagsasagawa ng mga ito? Sa panlabas, tila kahangalan ba ang sumunod nang mahigpit sa anumang sabihin at ipagawa ng Diyos sa mga tao? (Hindi.) Ang mga nagsasagawa ng mga salita ng Diyos ang pinakamatatalino. Ang pangalawang uri ng tao ay nakatuon sa pagkilos; hindi niya isinasagawa ang katotohanan kundi kumikilos lamang ayon sa sarili niyang kalooban at gumagampan ng ilang trabaho. Hindi niya binibigyang pansin ang kahulugan o mga hinihingi at pamantayan ng mga salita ng Diyos. Hindi niya nauunawaan ang mga layunin ng Diyos o ang Kanyang panloob na tinig, at nakatuon lamang siya sa paggawa. Iniisip niya “Alam ko na ninanais Mo ang ikabubuti namin. Tama ang lahat ng sinasabi Mo. Dapat kaming magpasakop sa sinasabi Mo at isagawa ang mga ito; tumuon Ka lang sa pagsasalita, at makikinig kaming lahat.” Ngunit sa realidad, hindi niya sineseryoso ang sinasabi ng Diyos o ang mga detalyadong hinihingi ng Diyos sa mga tao. Kumikilos lang siya nang hindi nag-iisip. Ang pagkilos nang hindi nag-iisip ay nagdudulot minsan ng pagkilos nang walang habas at walang ingat, na nagsasanhi ng mga pagkagambala at kaguluhan; puwede itong humantong sa paglaban sa Diyos. Nagdudulot minsan ng malalaking problema ang matinding paglaban sa Diyos, at maaari naman itong magdulot ng pagkawasak. Ito ang pinakamalubhang kahihinatnan ng mga hindi naghahangad sa katotohanan, at puwedeng umabot sa puntong ito ang ilang tao. Ang ikatlong uri ng tao, ang mga anticristo, ay matitibay na tagasunod ni Satanas. Hindi nila kailanman isinasagawa ang katotohanan, anuman ang mangyari. Kahit tama ang sinasabi mo, hindi sila makikinig, lalo na kapag mayroon silang sariling mga kuru-kuro. Mortal na kaaway sila ng Diyos, mortal na mga kaaway ng katotohanan. Sa panlabas, ang pinakamapanlinlang at tuso ay tila ang mga taong ito. Kinikilatis at sinisiyasat nila ang lahat ng bagay, pinagmumuni-munihan at sinisikap na maunawaan ang lahat ng bagay. Gayumpaman, pagkatapos ng napakaraming pagsisiyasat, nauuwi sila sa pagsisiyasat sa Diyos Mismo, nagkakaroon ng mga

kuru-kuro at opinyon tungkol sa Kanya. Anuman ang gawin ng Diyos, kung hindi ito pumasa sa kanilang sariling paghusga, kinokondena nila ito nang walang pagtatangi; tumatanggi silang isagawa ito, natatakot na baka mapinsala sila nito. Sa kabilang banda, ang mga tila hangal sa panlabas, na parang walang talino, ay ginagawa ang mismong sinabi ng Diyos. Mukha silang napakasimple at tapat, hayagang ibinabahagi kahit ang mga bagay na hindi na dapat pang ibahagi, inuulat kahit ang mga bagay na hindi na dapat pang iulat, minsan ay nagpapakita pa ng medyo inosenteng pag-uugali. Ano ang ipinahihiwatig nito? Ipinapakita nito na bukas ang puso ng mga gayong tao sa Diyos, hindi sarado o walang hadlang sa Kanya. Sa pagtalakay ng simpleng halimbawang ito, ang layon ay tulungan kayong maunawaan kung ano talaga ang isang anticristo at kung ano talaga ang saloobin nito sa mga salita ng Diyos. Ito ay para matulungan kayong makilatis kung anong uri ng mga tao ang mga anticristo at kung anong uri ang hindi nagsasagawa sa katotohanan pero hindi naman anticristo. Ito ay para magkaroon ng ganitong uri ng pagkilatis. Kaswal Ko lang na binanggit ang halimbawang ito para mas madali ninyong maunawaan ang paksa ng ating pagbabahaginan ngayon. Hindi Ko naman sinasabi na talagang kailangang dilaan ninyo ang inyong mangkok pagkatapos kumain. Hindi Ko rin tinukoy na katumbas ng kalinisan o hindi pagsasayang ng pagkain ang pagdila sa mangkok. Hindi ninyo kailangang gawin ito; hindi kayo dapat magkamali ng pagkaunawa.

Ngayon, napagbahaginan ang isang karagdagang aytem tungkol sa kung paano hinahamak ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos: Tinatrato ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos bilang isang kalakal. Pagdating sa mga kalakal, kasama rito ang pagbebenta, pangangalakal, kita, at pera. Ang pagtrato ng mga anticristo sa mga salita ng Diyos bilang isang kalakal ay isang bagay na hindi dapat kailanman gawin, lubos itong makasalan. Bakit? Nang magsimula pa lang tayo sa pagtitipon, ibinahagi ng bawat isa ang kanilang pagkaunawa sa mga salita ng Diyos at sa katotohanan sa kanilang sariling lengguwahe, nagbubuod gamit ang pinakamadadaling termino. Sa kabuuan, ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan. Para sa sangkatauhan, napakahalaga ng katotohanan. Puwedeng maging buhay ng tao ang katotohanan, kaya nitong iligtas ang mga tao at ibalik sila mula sa kamatayan, at bigyang-kakayahan ang tao na maging isang nilikhang pasok sa pamantayan. Ang halaga ng katotohanan sa sangkatauhan ay hindi kayang masukat sa mga salita, materyal na bagay, o pera. Nararapat itong pahalagahan at ingatan, at nararapat para sa mga tao na ituring itong gabay, direksyon, at layon para sa kanilang mga kilos, asal, buhay, at buong pag-iral. Dapat makamit ng mga tao ang landas ng pagsasagawa, pati na rin ang landas ng pagkatakot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan, bukod sa iba pa, mula sa katotohanan. Para sa mga tao, ang katotohanan ay katumbas ng buhay mismo. Walang materyal na bagay o kayamanan ang maihahambing sa katotohanan. Sa materyal na mundong ito, o sa buong sansinukob, walang anumang bagay na karapat-dapat na ikumpara sa katotohanan, ni wala ring anumang bagay na maaaring itumbas dito. Mula rito, malinaw na para sa sangkatauhan

na nangangailangan ng kaligtasan, ang katotohanan ang pinakamahalagang kayamanan, at wala itong katumbas na halaga. Gayumpaman, nakakapagtaka, na may mga indibidwal na itinuturing ang isang bagay na walang katumbas na halaga bilang isang kalakal na ibinebenta at ipinagpapalit para sa kita. Puwede bang ilarawan na mga diyablo, mga Satanas ang mga gayong indibidwal? Oo naman! Sa espirituwal na mundo, mga diyablo at si Satanas ang mga gayong indibidwal; sa mga tao, mga anticristo sila.

Kakatapos lang natin pagbahaginan ang ilan sa mga pagpapamalas kung paano tinatrato ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos bilang mga kalakal na ipinagbibili para sa mga personal na pakinabang. Siyempre, sinasabi ito sa isang partikular na kahulugan at hindi ganap na tumutugma sa literal na kahulugan—hindi malinaw na makikita na itinuturing nila ang mga salita ng Diyos bilang mga kalakal na ipinagbibili. Gayumpaman, sa katunayan, batay sa kanilang pag-uugali, pamamaraan, at maging sa kanilang diwa, kanila nang itinuturing o tiyak na itinuturing ang mga salita ng Diyos bilang mga kalakal, bilang isang materyal na bagay na aariin. Kapag nasa kanilang pag-aari na, itinuturing nila ang mga salita ng Diyos bilang isang aytem sa kanilang maliit na tindahan, ibinebenta ito sa tamang pagkakataon sa sinumang nangangailangan nito at kumikita mula rito. Anong mga pakinabang ang nakakamit ng mga anticristo mula rito? Kasama rito ang kanilang reputasyon, ang mataas na pagtingin at pag-iidolo ng iba, mga tingin ng paghanga sa kanila, at ang proteksyon na ibinibigay ng iba, tulad ng proteksyon sa kanilang katayuan at imahe. Kahit kapag tinanggal at itiniwalag sila, magsasalita ang mga tao para sa kanila at ipagtatanggol sila. Ito ang mga pakinabang na nakukuha ng mga anticristo mula sa mga salita ng Diyos. Ang mga pakinabang na ito ang mismong ninanais at hinahangad ng mga anticristo, ang matagal na nilang lihim na pinagplanuhan sa kanilang puso. Ito ang diwa ng mga anticristo. Inuudyukan at pinangungunahan ng kanilang kalikasan ang kanilang mga kilos at pag-uugali, at mula sa mga pagpapamalas na ito, makikita ang kalikasang diwa ng mga anticristo.

2. Pagbebenta ng mga Aklat ng mga Salita ng Diyos Para sa Personal na Pakinabang

Susunod, pagbabahaginan natin ang pangalawang aspekto, ito ay ang aktuwal na pag-uugali at pamamaraan ng mga anticristo sa pagtrato sa mga salita ng Diyos bilang mga kalakal. Ang pamamaraang ito ay kinabibilangan ng ganitong uri ng anticristo na tinatrato ang iba't ibang uri ng mga aklat ng mga salita ng Diyos bilang mga kalakal. Kapag nakuha nila ang mga aklat na ito ng mga salita ng Diyos, naniniwala silang nakuha na nila ang puhunan para kumita ng pera, na mayroon na silang mga pag-aaring kailangan para gawin ito. Ang mga aklat na ito, kung saan nakaimprenta ang mga salita ng Diyos, ay nagiging mga pag-aari nila, mga kalakal na balak nilang ibenta, at ang mga bagay na ginagamit nila para kumita ng labis-labis na tubo. Ipinagkakait ng mga anticristo ang mga aklat na ito, hindi ipinamamahagi ang mga ito ayon sa prinsipyong hinihingi ng sambahayan ng Diyos kundi hinahangad nilang kumita ng tubo sa hindi

tamang paraan batay sa kanila mismong mga intensyon. Ano ang prinsipyo ng pamamahagi ng mga aklat sa sambahayan ng Diyos? Ito ay para ipamahagi ang mga ito sa lahat ng mahilig magbasa ng mga salita ng Diyos at sa mga nauuhaw sa katotohanan, at gawin ito nang libre. Gaano man karaming tao ang tumatanggap ng mga ito o gaano man karaming aklat ang ipinamahagi, palaging walang bayad ito. Kapag nananampalataya sa Diyos sa Kristiyanismo, hindi libre ang Bibliya; kailangan itong bilhin. Pero ngayon, libreng ipinamahagi ng sambahayan ng Diyos ang mga salitang ito ng Diyos at ang mga aklat na ito, na isang mahalagang punto. Gayumpaman, lumilitaw ang problema kapag nakakakuha ng mga aklat na ito ang mga anticristo at hindi libreng ipinamahagi ang mga ito, nang ayon sa prinsipyo. Sa ilalim ng mga normal na sitwasyon, ipinamahagi ng mga may kaunting may-takot-sa-Diyos na puso ang mga aklat na ito nang libre ayon sa prinsipyo, nang hindi naniningil o naghahangad na makapagtamo ng labis-labis na pakinabang sa hindi tamang paraan. Gayumpaman, ang mga anticristo lamang ang nag-iisip na dumating na ang pagkakataon para makapagnegosyo kapag nakakuha sila ng mga aklat na ito. Kaya lumilitaw ang ambisyon at kasakiman nila: “Ang pamimigay ng gayon kakakapal at kagagandang aklat nang libre—hindi ba’t pagkalugi naman iyon? Hindi ba’t kahangalan ang hindi ito pagkakitaan? Bukod dito, hindi mabibili sa ibang lugar ang mga aklat na ito, at nanaisin itong basahin ng karamihan sa mga nananampalataya sa diyos, anuman ang halaga nito.” Kapag naintindihan nilang ganito ang mentalidad ng mga tao, nagsisimulang makabuo ng mga partikular na kaisipan ang mga anticristo: “Hindi ko puwedeng palampasin ang pagkakataong ito na kumita; bihira ang mga ganitong pagkakataon. Sa pamamahagi ng mga aklat, dapat kong hati-hatiin ang mga tao ayon sa mga antas, sisingilin ko nang mas malaki ang mayayaman, katamtamang presyo sa mga karaniwang tao, mas mababang presyo sa mahihirap o hindi talaga ako mamamahagi sa kanila, magbibigay ako ng diskwento sa mga nambobola sa akin, at maniningil ako nang mas malaki sa mga hindi ko kasundo.” Naaayon ba ito sa mga patakaran ng sambahayan ng Diyos para sa pamamahagi ng mga aklat? (Hindi.) Pagnenegosyo ito. Nakakabuo ng mga ganitong uri ng ideya ang mga anticristo; isinasantabi kung ipinamahagi ba nila ang mga aklat ayon sa mga regulasyon at prinsipyo ng sambahayan ng Diyos, pag-usapan muna natin kung paano nila tinatrato ang mga salita ng Diyos. Kapag nasa mga kamay na nila ang mga aklat ng mga salita ng Diyos, pinapahalagahan ba nila ang mga ito? (Hindi.) Hindi sila interesado sa daan ng buhay o sa katotohanang sinasabi sa mga salita ng Diyos; hindi nila pinapahalagahan ang mga ito at hindi nga sila nag-uusisa tungkol dito kahit kaunti. Paimbabaw lang nilang binabasa nang pahapyaw ang mga aklat, kaswal na binubuklat at sinusulyapan ang mga pahina: “Tinatalakay lang nito ang tungkol sa kung paano ginagawa ng diyos ang gawain ng paghatol sa mga tao, kung paano niya nalupig ang isang grupo ng mga tao, at kung paano niya binibigyan ang mga tao ng magandang destinasyon. Walang mga detalye roon tungkol sa hinaharap ng sangkatauhan, kaya hindi masyadong interesante ang aklat na ito. Bagaman hindi masyadong interesante

ang aklat, maraming tao ang gustong magbasa nito. Maganda ito; maaari ko itong pagkakitaan.” Kapag napasakamay nila ang mga aklat ng mga salita ng Diyos, nagiging mga kalakal ang mga ito, na nangangahulugang maraming tao, ilang tao kahit papaano, ang kailangang gumastos ng pera para bilhin ang mga aklat na ito. Nanghihimasok ang mga anticristo at ginagawa nilang isang transaksyon ang libreng pamamahagi ng mga aklat na ito ng sambahayan ng Diyos, ibinebenta ang mga ito sa ilalim ng pagbabalatkayo ng pananampalataya sa Diyos, paggawa ng gawain ng sambahayan ng Diyos, at pagiging responsable sa pamamahagi ng mga aklat ng mga salita ng Diyos. Para sa Diyos, walang bayad na itinatustos ang mga binigkas Niyang salita sa lahat ng nakikinig nang mabuti sa Kanyang mga salita; libre ang mga ito, walang hinihinging anumang kapalit. Ang hinihingi lamang sa mga tao ay tumanggap, magsagawa, at dumanas, para makamit ang pagpapasakop sa mga salita ng Diyos, at para maging isang taong may takot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan. Pagkatapos ay nasisiyahan ang Diyos, nakakamit ang Kanyang mithiin, at hindi binigkas nang walang saysay ang Kanyang mga salita. Gumiginhawa ang Kanyang pakiramdam dahil dito. Ito ang hangarin ng Diyos at ang layunin din ng Kanyang anim na libong taong gawain ng pamamahala na isinakatuparan sa tao, ang pinakamagandang pagnanais ng Lumikha para sa mga nilikha. Itinatustos ng Diyos ang Kanyang mga salita, kung ano ang mga tinataglay ng Diyos at ang Kanyang pagiging Diyos, at ang Kanyang mga layunin nang walang bayad at tuluy-tuloy sa mga sumusunod sa Kanya. Isa itong napakalinis, banal na gawain, isang napakadakilang gawa; walang transaksyon na sangkot dito. Para sa bawat taong nakikinig nang mabuti at nananabik sa mga salita ng Diyos, walang katumbas na halaga ang bawat pangungusap na sinasabi ng Diyos. Libreng tinatanggap ng mga tao mula sa Diyos ang katotohanan at ang Kanyang mga salita, at sa kaibuturan ng kanilang puso, ang gusto nilang gawin para sa Diyos ay suklian Siya, matugunan ang Kanyang mga layunin, at tulutan Siya na makaramdam ng kaginhawahan, para mabilis na matapos ang dakila Niyang gawain. Ito ang di-sinasabing pagkakaintindihan na dapat umiiral sa pagitan ng Lumikha at ng nilikhang sangkatauhan. Gayumpaman, ginagawang isang transaksyon ng mga anticristo ang bagay na ito. Sinasamantala nila ang pagkakataon ng pagsasalita at paggawa ng Diyos, pati na rin ang pangangailangan ng mga tao sa pagtutustos ng mga salita ng Diyos, para maghangad ng personal na kapakinabangan at makakuha ng pera at mga benepisyong hindi nila dapat makuha. Hindi ba’t karapat-dapat sumpain ang isang tao dahil sa gayong pag-uugali? Sa alin sa mga pahayag ng Diyos mo nakita o narinig na nagsasalita ang Diyos sa sangkatauhan nang may kapalit na kabayaran? Magkano para sa isang pangungusap, magkano para sa isang sipi, para sa isang sermon, para sa isang aklat, o para sa isang pagkakataon ng pagpupungos, o paghatol at pagkastigo, o pagpipino, o pagtutustos ng buhay? Sinabi ba kailanman ng Diyos ang gayong mga salita? (Hindi.) Hindi kailanman sinabi ng Diyos ang mga gayong bagay. Ang bawat pangungusap, sipi, at bahaging sinambit ng Diyos, ang bawat pagkakataon ng pagpupungos, pagkastigo at paghatol, at pagsubok at

pagpipino na tinatanggap ng mga tao mula sa Diyos, pati na rin ang pagsuplay at pagtustos ng mga salita ng Diyos, at iba pa—sa lahat ng ito, alin sa mga ito ang masusukat sa pera? Alin sa mga ito ang puwedeng makuha ng mga tao kapalit ng pera o mga materyal na bagay, o sa pamamagitan ng pagbabayad ng makamundong halaga? Wala sa mga ito. Walang katumbas na halaga ang lahat ng ginagawa ng Diyos, lahat ng katotohanang ipinapahayag ng Diyos. Dahil mismo walang katumbas na halaga ang mga ito, dahil walang tao ang makakagamit ng pera o anumang mga materyal na bagay para ipagpalit sa mga pag-aari ng Diyos at Kanyang pagiging Diyos, sinasabi ng Diyos na itinutustos Niya ang Kanyang mga salita sa mga tao nang walang bayad. Gayumpaman, hindi nakikita ng mga anticristo ang walang katumbas na halaga at napakahalagang kalikasan ng mga katotohanan at kung ano ang mga tinataglay ng Diyos at ang Kanyang pagiging Diyos na Kanyang ipinapahayag; sa halip, hinahangad nilang makuha nang di-wasto ang labis na tubo mula sa mga ito, na labis na kahiya-hiya!

Ipinagkakait ng ilang anticristo ang mga salita ng Diyos, hindi ipinamamahagi ang mga ito sa mga kapatid sa ilalim nila para pahirapan ang mga tao, para itaguyod ang kanilang sariling reputasyon at katanyagan, at para ipadama sa iba na kahindik-hindik at makapangyarihan sila. Kaya, sa ilang iglesia kung saan ang mga gayong masasamang tao at anticristo ang may kapangyarihan, walang nababasang mga salita ng Diyos o napapakinggang mga sermon ng Diyos ang mga kapatid. Hindi ba't kasumpa-sumpa ang mga gayong tao? Ano ang turing nila sa mga salita ng Diyos? Bilang kanilang personal na pag-aari. Ibinibigay ng Diyos ang Kanyang mga salita sa mga tunay na nananampalataya at sumusunod sa Diyos; hindi ito ibinibigay sa iisang indibidwal lamang, at siguradong hindi ito personal na pag-aari ng sinuman. Binibigkas sa lahat ng sangkatauhan ang mga salita ng Diyos, at walang sinuman ang puwedeng pumigil sa pagsasalita ng Diyos para sa anumang dahilan o palusot. Pero gayon mismo ang papel na ginagampanan ng mga anticristo, umiiba sa nakagawian para gawin ito. Pagkatapos matanggap ng ilang anticristo ang mga pinakabagong recording ng sermon, pinakikinggan muna nila ang mga ito, at kung may natuklasan silang bagong liwanag at kung may ilang nilalamang hindi nila alam noon, nagpapasya silang huwag ipamahagi ang serye ng sermon na ito sa mga nasa kanilang pamamahala. Ipinagkakait nila ang mga recording ng sermon nang hindi alam ng iba. Ano ang layon ng pagkakait? Ang layon ay magpakitang-gilas sa mga pagtitipon, na katumbas ng pagbebenta. Sa pamamagitan ng pagpapakitang-gilas na ito, kapag narinig ng mga tao sa ilalim nila ang nilalaman na hindi pa nila naririnig dati, na pawang bago, hinahangaan nila ang mga anticristo, at sa ganitong paraan natutupad ang mithiin ng mga anticristo. Hindi maikakaila na sa mga iglesia sa iba't ibang lugar, siguradong may ilang tao na hindi agaran o ganap na namamahagi ng mga sermon ng pagbabahagi o ng mga recording; siguradong may mga gayong indibidwal. Bukod dito, namamahagi ang ilang anticristo ng mga aklat ng mga salita ng Diyos batay sa saloobin ng mga tao sa kanila, ibinibigay ang mga ito sa mga sumisipsip o nambobola sa kanila. Kahit na libre ang mga aklat,

hindi lahat ay madaling nakakatanggap ng mga ito; nakokompromiso ang prinsipyo ng libre at agarang pamamahagi sa mga kamay ng mga anticristo, na napapailalim sa iba't ibang kondisyon. Maaaring labag sa loob nilang ibigay ang mga aklat sa mga nasa panig nila o nakikinig sa kanila, pero hindi sa agarang paraan; para sa mga hindi sumasang-ayon sa kanilang mga pananaw o sumasalungat pa nga sa kanila, maaaring ibigay ng mga anticristo ang mga piling aklat o hindi talaga ibigay. Hindi lamang naghahangad ang mga anticristo na makakuha ng labis na tubo sa pamamahagi ng mga aklat ng mga salita ng Diyos, kundi ginagamit din nila ito upang akitin ang mga tao, makuha ang kanilang suporta, pati na rin para supilin at pahirapan ang iba—may kapabilidad silang gumawa ng lahat ng uri ng kasamaan. Kaya pa nga nilang pagbantaan ang mga tao, sinasabing kung may magsasalita nang mapanira sa kanila, hindi maghahalal sa kanila, o boboto laban sa kanila, maaari nilang ipagkait ang mga salita ng Diyos bilang paraan ng pagpapahirap sa taong iyon. Samakatwid, ang ilang tao, sa takot na hindi agarang makatanggap ng mga aklat ng mga salita ng Diyos o mga recording ng sermon, ay natatakot nang labis sa mga anticristo. Kahit na gumagawa ng kasamaan ang mga anticristo at sila mismo ay nakakaranas ng hindi patas na pagtrato, hindi sila nangangahas na iulat ang mga ito, natatakot na supilin at pahirapan sila ng mga anticristo, na mawalan sila ng ugnayan sa ang Itaas, at mapalampas ang pagdidilig at pagtutustos ng ang Itaas. Mayroon bang mga gayong tao? Siguradong mayroon, isang daang porsyento. Gumagawa ng lahat ng uri ng masamang gawa ang mga anticristo; hindi lamang sila nakikipaglaban para sa kapangyarihan at kita, bumubuo ng mga paksyon, at lumilikha ng kanilang mga nagsasariling kaharian, kundi wala na rin silang itinatangi pagdating sa pamamahagi ng mga salita ng Diyos. Sinasamantala nila ang anumang bagay na maaaring magbigay-daan sa kanila para di-wastong makakuha ng mga pakinabang, at makuha ang kanilang katayuan at kapangyarihan; wala silang pinalalampas, kabilang na ang mga salita ng Diyos. Nangyari na ba sa inyong iglesia ang mga bagay na ito, sa paligid ninyo? Pinagbabantaan ng ilang anticristo ang mga nasa ilalim nila, sinasabing, “Kung hindi mo ako ihahalal, kung iulat mo ako sa ang Itaas, kung hindi mo ako magugustuhan, kung magsusumbong ka at nalaman ko, hindi ka na makakatanggap ng mga recording ng sermon. Puputulin ko ang iyong panustos, iiwanan kitang walang pagkain, uuhawin kita hanggang mamatay, gugutumin kita!” Hindi ba’t malupit ang disposisyon ng mga anticristo? Napakalupit nito! May kapabilidad silang gumawa ng lahat ng uri ng masamang bagay.

Kung makatagpo kayo ng mga gayong anticristo, paano ninyo sila pangangasiwaan? Mangangahas ba kayong iulat sila sa ang Itaas? Mangangahas ba kayong magkaisa at tanggihan sila? (Oo.) Sinasabi mong oo ngayon, pero kapag aktuwal ka nang nahaharap sa kanila, baka hindi ka maglakas-loob; aatras ka, iisipin mo, “Maliit ang tayog ko, bata ako, mahina at nag-iisa ako. Kung talagang magtutulungan ang mga anticristo para apihin ako, hindi ba’t katapusan ko na? Nasaan ang Diyos? Sino ang makikinig sa mga hinaing ko? Sino ang tutugon sa aking mga hinaing at ipaghihiganti ako? Sino ang titindig para sa

akin?” Bakit napakaliit ng pananalig mo? Nagiging duwag ka kapag nahaharap sa isang anticristo, pero paano kung mismong si Satanas ang magbanta sa iyo—titigil ka na ba sa pananampalataya sa Diyos? Ano ang gagawin mo kung hindi ipinamahagi ng isang anticristo ang mga salita ng Diyos sa iyo? Paano kung pinagbayad ka niya para sa mga aklat ng mga salita ng Diyos? Paano kung sa tuwing ipinamamahagi ng anticristo ang mga aklat ng mga salita ng Diyos sa iyo, pinapahirapan ka niya at mabagsik siyang nagsasalita? Madali bang harapin ang sitwasyong ito? Hayaan mong sabihin Ko sa iyo ang isang matalinong estratehiya: Tuwing malapit nang ipamahagi ang mga aklat, dapat kang tumabi sa anticristo, masigasig na magsabi ng matatamis na salita, masiglang pinupuri at hinahangaan ito para makuha ang kanyang tiwala. Kapag naipamahagi na niya ang mga aklat ng mga salita ng Diyos at mga recording ng sermon sa iyo, saka ka humanap ng pagkakataon para iulat siya sa ang Itaas. Kung walang paraan upang iulat siya sa ang Itaas, humanap ka ng pagkakataon na makipagkaisa sa mga mapagkilatis na kapatid para pigilan at limitahan ang anticristo. Tunay itong pagtatanggal ng pinsala sa iglesia at pinakanaaayon sa mga layunin ng Diyos. Maaaring magtanong ang ilan, paano kung matuklasan ng anticristo ang planong ito? Kung wala kang kumpiyansa sa pagkakataong ito, maghintay ka ng susunod na pagkakataon. Kapag mayroon ka nang lakas ng loob at tama na ang mga kondisyon, saka ka kumilos. Sa madaling salita, kung natatakot ka na puputulin ng anticristo ang iyong panustos, huwag ka munang magpahalata nang husto. Huwag mong ilantad ang sarili mo o hayaang mahalata ka ng anticristo. Kapag nakapagtamo ka na ng sapat na tayog, kapag mayroon ka nang mga angkop na tao, mga tamang tao, at mas maraming tao, na maaaring tumindig kasama mo sa pagsalungat sa anticristo, na kayang makakilatis at tumanggi sa anticristo, saka mo puwedeng putulin ang ugnayan mo sa anticristo. Ano ang palagay mo sa estratehiyang ito? (Maganda.) Maaaring sabihin ng ilan, “Hindi ba’t panlilinlang ito sa iba? Hindi ba’t gusto ng Diyos na maging matapat tayong mga tao? Tila hindi ito matapat.” Panlilinlang ba ito sa iba? (Hindi.) Pakikipaglaro ito sa isang diyablo. Katanggap-tanggap ang anumang paraan kapag nakikitungo sa isang anticristo, na isang diyablo.

Takot ba kayo sa mga anticristo? Paano kung talagang may isang anticristo sa paligid mo, sa mismong iglesia mo. Napansin mo na siya; may kapangyarihan at katayuan siya, at maraming tao ang sumusuporta sa kanya. May paksyon siya, ilang matapat na tagasunod. Matatakot ka ba sa kanya? Ang sabi ng ilan ay matatakot sila. Tama bang matakot? Kahit papaano ay mayroong isang magandang aspekto sa pagkatakot na ito. Bakit Ko sinasabi iyon? Kung natatakot ka sa kanya, ipinapakita nito, kahit papaano, na sa iyong puso ay naniniwala kang masama siya, na kaya ka niyang pahirapan at pinsalain, na hindi siya mabuting tao o taong naghahangad sa katotohanan—kahit papaano ay mayroon kang ganitong pagkaunawa at pagkilatis sa kanya sa iyong puso. Bagaman maaaring hindi mo magawang mailarawan siya bilang isang anticristo o makilatis na anticristo siya, sa pinakamababa ay alam mo na hindi siya mabuting tao, hindi isang taong naghahangad sa katotohanan, hindi isang matuwid o mabait na tao, o isang

matapat na tao, kaya natatakot ka sa kanya. Anong uri ng mga tao ang karaniwang kinatatakutan ng mga normal at ordinaryo o taong totoo, bukod sa mga demonyo? (Masasamang tao.) Natatakot ang lahat sa masasamang tao. Sa pinakamababa, alam mo sa puso mo na masama ang taong ito. Sa batayang ito, obserbahan mo ang kanyang saloobin sa mga salita ng Diyos at sa mga katotohanang prinsipyo; tingnan mo kung isinasagawa niya ang katotohanan, at kilatisin ang iba't iba niyang pag-uugali, at unawain at kilatisin mo ang diwa niya sa pamamagitan ng kanyang mga pag-uugali. Sa huli, kung matutukoy mo na anticristo siya, magkakaroon ng isa pang aspekto ang takot mo—ang pagkilatis sa kanya. Bagaman sa puso mo ay maaaring natatakot ka sa kanya, hindi ka papanig sa kanya, at tatanggihan mo siya sa puso mo—mabuti o masamang bagay ba ito? (Mabuting bagay.) Kung hilingin niyang sumama ka sa kanya sa paggawa ng masama, papayag ka ba? Magkakaroon ka ba ng pagkilatis tungkol dito sa puso mo? Kung hilingin niyang sumama ka sa kanya sa pangmamaltrato sa Diyos o sa panghuhusga sa Diyos, papayag ka ba? Kung hilingin niyang makipagtulungan ka sa kanya sa pagpapahirap sa iba, at hindi ipamahagi ang mga aklat ng mga salita ng Diyos sa ilang indibidwal, papayag ka ba? Bagaman maaaring hindi ka 100% sigurado na hindi ka papayag na gawin ang mga ito, sa pinakamababa, magkakaroon ka ng pagkilatis sa puso mo tungkol sa kanyang mga kilos. Maaaring gumawa ka ng ilang bagay kasama niya nang labag sa loob mo at nang napipilitan, pero dahil lamang ito sa pinilit ka, at hindi ito kusang-loob; kahit papaano, hindi ikaw ang magiging pangunahing may pakana, sa pinakamalubha, magiging kasabwat ka sa kanyang mga krimen. Bagaman maaaring hindi mo siya ilantad o galitin nang harap-harapan, hindi ka rin kikilos bilang tagasunod o kasabwat niya. Ito ay, sa isang antas, pagtanggì sa anticristo. Karamihan sa mga tao, dahil sa takot nila sa masasamang tao at mga anticristo, ay nagagawa lamang magkompromiso para protektahan ang kanilang sarili, kaya't ang magawa mong gawin ito bilang pansamantalang hakbangin ay maituturing nang maganda. Pero ang pag-abot ba sa antas na ito ay maituturing nang paninindigan sa iyong patotoo? Maituturing ba itong pagtataguyod sa mga katotohanang prinsipyo? Maituturing ba itong pananagumpay kay Satanas? Sa mga mata ng Diyos, hindi. Kaya, paano mo mapaninindigan ang patotoo mo? Lahat kayo ay walang landas, at nagkokompromiso lang kayo para protektahan ang sarili ninyo: “Gumagawa sila ng kasamaan, pero hindi ako nangangahas na sumama sa kanila sa paggawa ng kasamaan; natatakot akong maparusahan. Masasama silang tao; gumagawa sila ng masasamang bagay para pahirapan ang mga tao. Pero ayos lang basta't hindi ako mismo ang nagpahirap sa sinuman. Hindi ako ang masisisi sa kasamaang iyon.” Kung magagawa mo ito kahit papaano, medyo ayos na rin iyon; nagiging mapagpalugod ka lang ng mga tao at nananatiling nyutral, at hindi mo nagagawang magpatotoo. Kung gayon, ano ang dapat gawin para makapagpatotoo? Ayon sa doktrina, dapat mong tanggihan ang masasamang tao, tanggihan at ilantad ang mga anticristo, at pigilan ang mga anticristo na magwala habang gumagawa ng masasamang bagay sa sambahayan ng Diyos at magdulot ng mga kawalan sa sambahayan ng Diyos. Pero alam mo ba kung

paano mismo gawin ito? (Iulat at sabihin ito sa ang Itaas.) Iyan ba ang antas ng mga responsabilidad at obligasyong matutupad ninyo? Iyan ba ang lahat ng patotoong mapaninindigan ninyo, lahat ng tayog na mayroon kayo? Bukod sa pag-uulat sa isang anticristo, ano pa ang magagawa ninyo? (Puwede muna naming tipunin ang mga katunayan ng palagiang pag-uugali at masamang gawa ng anticristo, at pagkatapos ay pagbahaginan ang pagkilatis sa anticristo kasama ang mga kapatid batay sa mga katunayang ito. Kapag nagkaroon na ng pagkilatis ang mga kapatid sa anticristo, maaari silang umaksyong lahat para ilantad ang anticristo, at pagkatapos ay, maaari naming palayasin ang anticristo sa iglesia.) Tama ang mga hakbang at proseso, pero paano naman ang ilang espesyal na kaso? Nagsasalita ka mula sa posisyon ng isang lider, pero paano kung isang ordinaryong mananampalataya ang makatagpo ng isang anticristo? Hindi ba't parang itlog iyon na bumangga sa isang bato? Ano ang gagawin ninyo sa mga gayong sitwasyon? Hayaan ninyong ikuwento Ko sa inyo ang isang kuwento tungkol sa pagrehistro at pag-uulat ng pumapasok at gastusin. May isang taong namamahala sa pagtatala ng mga akawnt, isang talaan para sa mga panlabas na akawnt at isa pang talaan para sa mga panloob na akawnt. Isang araw, may hindi tamang halaga na dalawang daang dolyar sa panloob na akawnt. Kalaunan, dumating ang superbisor para suriin ang mga akawnt at nakita niya na may hindi tamang halaga; sabi niya, "Punitin ang panloob na akawnt. Panatilihin na lang ang panlabas na akawnt, para walang ebidensya." Hindi sumang-ayon ang isang taong naroroon, sabi nito, "Handog ito. Gaano mang kalaking pera ito, pera ito ng Diyos; hindi mo puwedeng gawin ito." Hindi nagsalita ang superbisor, habang nagkomento naman ang isa pang tao: "Ano ba ang dalawang daang dolyar? Kapag naglustay ang mga anticristo, libo-libo ang halaga." At kaya, ganoon nilutas ng mga taong iyon ang usapin. Gayumpaman, pagkatapos niyon, naramdaman ng isang tao na mali ang paraang iyon at iniulat ito paitaas sa grupo ng mga tagapagpasya. Sinabi ng grupo na hindi malaking halaga ang dalawang daang dolyar, at na masyado silang abala para harapin ito. Nang iniulat ito sa mga lider ng iglesia, hindi rin nila ito tinugunan at binalewala nilang lahat ang usaping iyon. Nadismaya ang taong nag-ulat ng isyu, sinabi nito, "Bakit ganito ang lahat ng taong ito? Paano nila nagagawang maging labis na iresponsable sa mga handog sa Diyos? Ang lakas pa ng loob nilang manlinlang nang tahasan!" Ang sama ng loob niya sa usaping ito. Isang araw, nang binisita Ko ang mga taong iyon, iniulat ng taong iyon ang isyu sa Akin, sinabi nito na pabaya ang taong gumagawa ng pag-aakawnt, na ginulo nito ang akawnt, at sa huli ay nagkaroon ng hindi tamang halaga. Bagaman hindi masyadong malaki ang isyung ito, iba-iba naman ang mga saloobin ng bawat taong sangkot. Hindi tinugunan ng mga diumano'y superbisor at lider ang isyu. Hindi lamang nila hindi pinaalis ang taong gumagawa ng pag-aakawnt, naghanap pa sila ng dahilan para protektahan ito. Ang taong nag-ulat ng isyu ay patuloy itong inuulat; gayumpaman, ibinukod siya ng maraming tao. Sabihin ninyo sa Akin, anong uri ng mentalidad mayroon ang taong ito nang iulat niya ang isyu? Kung ang saloobin niya ay kapareho ng sa isa pang tao—iyong

nagsabi ng, “Dalawang daang dolyar lang ito, bakit mo ba pinalalaki pa ito? Kapag naglustay ang mga anticristo, libu-libo ang halaga”—iuulat pa rin kaya niya ito? Hindi. Kung sinabi niya, “Hindi ko naman pera iyon; kung sino man ang gustong manglustay nito ay gawin na nila—sila ang mananagot dito. Tatal, wala naman akong nilustay na kahit ano, kaya hindi ko kailangang managot dito”; o “Iniulat ko na ito sa grupo ng mga tagapagpasya at sa mga lider ng iglesia, at hindi nila ako pinansin, kaya nagawa ko na ang bahagi ko at hindi ko na kailangang mag-abala pa”—kung ganito ang kanyang saloobin, magagawa pa kaya niyang magpursigi na iulat ito nang walang tigil? Siguradong hindi; karamihan sa mga tao, sa pinakasukdulan, ay titigil na pagkatapos nilang iulat ito sa grupo ng mga tagapagpasya. Pero pagkatapos na pagkatapos makapag-ulat ng taong ito sa grupo ng mga tagapagpasya, narinig niya ang Aking pagbabahagi tungkol sa mga kuwento nina Noe at Abraham. Matapos makinig, naantig siya, inisip niya, “Pagkatapos marinig ang mga salita ng Diyos, sinunod ni Noe ang mga ito sa loob ng maraming taon nang hindi sumusuko. Pero ako, naharap ako sa maliit na suliranin at hindi ko na magawang magpursigi—hindi ito ang dapat gawin ng isang tao!” Kaya nagpursigi siya sa pag-uulat hanggang sa wakas ay makarating ito sa ang Itaas, at tinugunan ng ang Itaas ang isyu. Sa tingin ba ninyo ay maraming gayong tao sa inyo? Kung makaharap kayo ng gayong sitwasyon, ilan sa inyo ang magpupursigi tulad ng taong ito? Lisipin din ba ninyo na hindi malaking halaga ang dalawang daang dolyar, na hindi ito malaking usapin, at sa gayon ay iisipin ninyo na hindi kailangang sumunod nang mahigpit sa mga prinsipyo o maging masyadong seryoso, at na puwede kayong maghintay hanggang sa magkaroon ng malaking hindi tamang halaga bago kayo mag-ulat? Lisipin ba ninyo, “Ano’t anuman, natupad ko na ang responsabilidad ko. Bahala na ang mga lider kung tutugunan nila ito o hindi. Isa lang akong ordinaryong mananampalataya, may limitasyon ang aking kapangyarihan, limitado lang ang kaya kong gawin. Naiulat ko na ito, natupad ko na ang obligasyon ko; hindi ko na problema ang iba pa”? Hindi ba’t ganito kayo mag-iisip? At kung may susupil sa iyo, hindi ba’t matatakot kang iulat ito? Humaharap sa panunupil ang taong ito habang nasa proseso ng pag-uulat ng isyu, sinisisi at kinokondena siya ng ilang tao, at palaging naghahanap ang mga ito ng paraan para pahirapan siya. Napakamapaminsala ng mga taong ito! Natatandaan Ko ang ilang indibidwal na ito—bakit Ko sila natatandaan? Kinain nila ang pagkain ng sambahayan ng Diyos at tinamasa ang lahat ng katotohanang itinustos ng Diyos, ngunit gayon ang kanilang saloobin sa mga handog ng Diyos. Puwede ba silang ituring na mga tao ng sambahayan ng Diyos? Hindi sila karapat-dapat! Hindi nila kailangang manindigan sa kanilang patotoo, dahil wala silang ganitong karakter. Pero dahil hindi nila magawa kahit na ang dapat nilang gawin, nararapat pa rin ba silang manatili sa sambahayan ng Diyos? Dapat bang matandaan ang mga gayong tao? Gusto ba ninyo ang mga gayong tao? (Hindi.) Kung gayon, anong uri ng mga tao ang gusto ninyo? (Ang mga sumusunod sa mga prinsipyo, ang mga nagpupursigang protektahan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos hanggang sa wakas.) Nasusuklam Ako sa mga walang kuwentang taong takot

sa makapangyarihan pero nagmamagaling sa harap ng mga taong totoo. Nasusuklam din Ako sa mga kumakagat sa kamay ng nagpapakain sa kanila, sa mga walang interes sa katotohanan, at lalo na sa mga nakinig sa mga sermon sa loob ng maraming taon pero hindi pa rin nauunawaan man lang ang katotohanan, o nagbago kahit kaunti, at patuloy na lumalaban at nagbabantay laban sa Diyos sa kaibuturan ng kanilang puso. Kung walang malinaw na kaso ng mga gayong tao na gumagawa ng kasamaan, maaaring hindi sila mailarawan bilang mga anticristo, pero nasusuklam Ako sa kanila. Gaano katindi ang Aking pagkasuklam? Kasingtindi ng pagkasuklam Ko sa mga anticristo. Bakit? Tinatrato ng mga anticristo ang salita ng Diyos bilang isang kalakal na ibebenta, ikakalakal, at ipagpapalit, para kumita mula rito. Bagama't ang ganitong uri ng tao ay maaaring hindi kumita mula sa mga salita ng Diyos, mahihinuha natin mula sa kanilang saloobin sa mga salita ng Diyos na tulad lamang sila ng mga anticristo, na hindi sila sumusunod sa daan ng Diyos, o wala man lang silang simple at pinakapangunahing saloobin na dapat nilang taglayin sa mga handog sa Diyos, at na kinakagat nila ang kamay ng nagpapakain sa kanila. Anong uri sila? Mga Hudas sila, na ipinagkanulo ang Panginoon at ang kanilang mga kaibigan. Matapos ninyong marinig ang kuwentong ito, ano ang mga opinyon ninyo? Kaya ba ninyong sumunod sa mga prinsipyo at pangatawanan ang inyong paninindigan sa gayong mga sitwasyon? Kung wala kang kuwenta, na palaging umaatras, palaging takot sa puwersa ng mga anticristo, takot na mapahirapan nila, takot na mapinsala ng kanilang puwersa, at sa puso mo ay palagi kang takot, at wala kang karunungan para tumugon dito, palaging nakikipagkompromiso sa mga anticristo, hindi naglalakas-loob na iulat o ilantad sila, o maghanap ng iba para makaisa mo para tanggihan sila, hindi ka isang taong makakapanindigan sa iyong patotoo sa Diyos—wala kang kuwenta, kinakagat mo ang kamay ng nagpapakain sa iyo. Kapag tinatrato ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos bilang mga kalakal, ginagamit ang mga ito para di-wastong kumita nang labis para sa kanilang sarili, para takutin ka, at putulin ang iyong panustos, kung hindi mo pa rin sila matanggihan sa gayong mga sitwasyon, isa ka bang mananagumpay? Karapat-dapat ka bang maging tagasunod ni Cristo? Kung wala ka kahit ang abilidad na matamo ang mga salita at ang espirituwal na panustos na libreng ibinibigay sa iyo ng Diyos, at hindi mo man lang magawang kainin, inumin, o tamasahin ang mga bagay na ito, gaano ka kawalang kuwenta?

Ang mga katunayang kababahagi Ko lang ay ilan sa mga pagpapamalas ng mga anticristo na itinuturing ang mga salita ng Diyos bilang mga kalakal. Hindi kinakain at iniinom ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos at hindi nila tinatanggap ang katotohanan, pahapyaw lang nilang binabasa at sinusulyapan ang mga salita ng Diyos para palamutian ang kanilang sarili gamit ang mga ito. Tinatrato nila ang mga salita ng Diyos bilang kanilang pag-aari at personal na pag-aari, para magawa nilang makipagtransaksyon at makuha ang pera at mga pakinabang na nais nila, at para makontrol nila ang kalayaan ng hinirang na mga tao ng Diyos na basahin, kainin, at inumin ang mga salita ng Diyos. Masasamang tao, mga diyablo, mga hindi mananampalataya ang mga gayong anticristo; kauri sila ng mga

walang pananampalataya! Dapat patalsikin, patalsikin magpakailanman ang sinumang gayon na lumilitaw sa sambahayan ng Diyos! Maglalakas-loob ba kayong tanggihan ang mga gayong tao kapag nakatagpo ninyo sila? Maglalakas-loob ba kayong magkaisa at ilantad sila? Dapat silang ilantad; dapat silang tanggihan. Pinaghaharian ng katotohanan ang sambahayan ng Diyos. Kung wala kang gayong tayog, pinatutunayan nito na hindi naging buhay sa loob mo ang mga salita ng Diyos at ang katotohanan. Kung duwag ka, natatakot sa mga Satanas, natatakot sa masasamang tao, mas pinipiling makipagkompromiso para maprotektahan ang sarili mo kaysa lumaban sa mga anticristo, kahit na nangangahulugan ito ng hindi pagkain at pag-inom sa mga salita ng Diyos o hindi pagtamo sa mga ito, karapat-dapat kang mamatay sa gutom, at walang maaawa sa iyo kung magkaganoon ka. Kung maharap kayo sa mga gayong sitwasyon, paano kayo dapat pumili at magsagawa? Dapat ninyo silang ilantad kaagad. Hindi mga kalakal ang mga salita ng Diyos; ipinagkakaloob ito sa lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos, hindi ito personal na pag-aari ng sinumang indibidwal. Walang sinuman ang may karapatang ipagkait o ariin ang mga salita ng Diyos para sa kanilang sarili. Dapat ipamahagi nang libre at nang walang bayad ang mga salita ng Diyos sa lahat ng hinirang na mga taong sumusunod sa Diyos. Karapat-dapat sumpain ang sinumang nagkakait ng mga ito, naghahangad na di-wastong kumita ng labis na halaga mula sa mga ito, o may mga personal na balak tungkol sa mga salita ng Diyos. Sila ay mga indibidwal na dapat labanan ng hinirang na mga tao ng Diyos para ilantad at tanggihan, at dapat silang paalisin at tanggalin.

Sapat bang inilalarawan ng dalawang aytem na Aking ibinahagi ngayon kung paano hinahamak ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos? (Oo.) Hindi kailanman itinuturing ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan, ni hindi nila pinahahalagahan, iniingatan, o tinatrato ang mga ito gaya ng mga salita ng Lumikha. Sa halip, ipinapakita nila ang kanilang mga karima-rimarim, kasuklam-suklam, at maruming intensyon sa bawat pagkakataon. Gusto lamang nilang gamitin ang mga salita ng Diyos para makamit ang kanilang mga karima-rimarim na mithiin, at maging sa mga materyal o di-materyal na bagay, gusto nilang gamitin ang mga salita ng Diyos para di-wastong makakuha ng kita para sa kanilang sarili, para makakuha ng pera at mga materyal na bagay, o para makamit ang kanilang mithiin na papurihan, tingalain, idolohin, at sundan sila ng mga tao. Kasuklam-suklam sa Diyos at dapat tanggihan ng mga tao ang mga bagay na ito. Sa tuwing may nakakatuklas sa gayong mga indibidwal o gayong mga nangyayaring bagay, dapat nilang ilantad at tanggihan ang mga ito, para pigilan ang mga gayong indibidwal na manindigan sa gitna ng hinirang na mga tao ng Diyos. May ilang nagsasabi na iuulat nila ito sa ang Itaas kung makatagpo sila ng mga gayong bagay, pero masyadong pasibo at mabagal iyon. Kung inuulat mo lang ang mga bagay na ito sa ang Itaas, napakawalang kuwenta mo! Napakarami mo nang nakain at nainom na mga salita ng Diyos at nakarinig ka na ng napakaraming sermon, pero ang alam mo lang ay gumawa ng mga ulat—ibig sabihin nito ay napakaliit ng tayog mo! Siguro naman

mayroon ka pang ibang pamamaraan para pangasiwaan ang mga anticristo? Ang pag-uulat sa ang Itaas ang huling hakbang, isang hakbang na ginagawa lamang kapag talagang kinakailangan. Kung mas marami sila kaysa sa iyo, kung wala kang laban sa kanila, at wala kang pagkilatis, at hindi ka sigurado kung anticristo ang isang tao, maaaring hindi ka maglakas-loob na ilantad ang kanilang iba't ibang pagpapamalas at mga kilos. Pero kung nakakasiguro kang anticristo sila at hindi ka pa rin naglalakas-loob na labanan, tanggihan, at talunin sila, hindi ba't napakawalang kuwenta mo? Hindi nagagamit ang kaunting katotohanang nauunawaan mo. Sigurado ka bang katotohanan ang nauunawaan at naririnig mo? Kung oo, bakit hindi ka maglakas-loob na tumayo nang matatag at matuwid at labanan ang mga anticristo? Hindi naman ang mga anticristo ang mga namamahalang awtoridad—ano ang kinatatakot mo sa kanila? Maliban na lamang kung may sitwasyon na maaaring isumbong ka nila sa mga awtoridad kung bigla mo silang ilantad—sa ilalim ng mga gayong kalagayan, dapat kang mag-ingat, huwag silang galitin, at gumamit ng matatalinong pamamaraan para palihim na punahin at sirain ang mga anticristo, unti-unti silang itiwag. Hindi ba't mas kahanga-hanga ang tahimik silang itiwag? (Oo.) Sige, hanggang dito na lang ang pagbabahagi para sa araw na ito. Paalam!

Setyembre 12, 2020

Ikalabing-isang Aytem: Hindi Nila Tinatanggap ang Pagpupungos, ni Wala Silang Saloobin ng Pagsisisi Kapag Nakakagawa Sila ng Anumang Pagkakamali, Kundi sa Halip ay Nagkakalat Sila ng mga Kuru-kuro at Hayagan Nilang Hinuhusgahan ang Diyos

Magbabahaginan tayo ngayon tungkol sa ikalabing-isang aytem ng iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo: Hindi nila tinatanggap ang pagpupungos, ni wala silang saloobin ng pagsisisi kapag nakakagawa sila ng anumang pagkakamali, kundi sa halip ay nagkakalat sila ng mga kuru-kuro at hayagan nilang hinuhusgahan ang Diyos. Ang partikular na nilalaman ng aytem na ito ay tungkol sa kung paano tinatrato ng mga anticristo ang pagpupungos; ibig sabihin, ang saloobin nila kapag nahaharap sila rito, at kung ano ang gagawin nila at ano ang mga pagpapamalas na mayroon sila habang kinikimkim ang saloobing ito. Napagbahaginan na ba natin ang nilalaman tungkol sa kung paano tinatrato ng mga anticristo ang pagpupungos? (Oo, napag-usapan na ito sa pagbabahaginan kung paano tinatrato ng mga anticristo ang mga kinabukasan at tadhana nila.) Kaya, ano ang saloobin ng isang anticristo sa pagpupungos? Hindi ba't napagbahaginan natin noong oras na iyon ang mga sikat na kasabihan na binibigkas ng mga anticristo kapag pinupungusan sila? (Oo.) Mayroon silang dalawang sikat na kasabihan para sa ganitong uri ng sitwasyon. Ang isa ay, "Ang diyos ay matuwid, at nananampalataya ako sa diyos, hindi sa isang tao!" at ang isa naman ay, "Masyado ka pang walang muwang para pungusan ako. Kung hindi ako nananampalataya sa diyos, wala akong pakialam sa kahit sino!" Gayundin, kinamumuhian nila ang sinumang nagpupungos sa kanila at, dagdag pa rito, sa sandaling mapungusan sila, naghihinala silang ititiwalag sila. Sa huli, nagbahaginan din tayo sa kung paanong bukod sa tumatanggi silang mapungusan, nagkakalat din sila ng mga kuru-kuro kahit saan. Hindi ba't iyon ang napag-usapan natin? (Oo.)

I. Ang mga Dahilan Kung Bakit Pinupungusan ang mga Anticristo

Kabibigay Ko lang ng mabilis na pagbabalik-aral ng nakaraan nating pagbabahaginan sa kung paano tinatrato ng mga anticristo ang pagpupungos kapag nakakanti nito ang mga personal nilang interes. Ngayon, pagbabahaginan at hihimayin natin ito mula sa isa pang anggulo, at titingnan natin kung ano ang mga partikular na disposisyon na ibinubunyag ng mga anticristo kapag pinupungusan sila at kung anong uri ng saloobin mayroon sila, pati na ang kung ano ang mga partikular nilang pananaw, at hihimayin natin ang disposisyon nila batay sa mga pananaw na ito. Dahil kabilang dito ang paksa ng pagpupungos, unahin nating magbahaginan tungkol sa mga dahilan kung bakit pinupungusan ang mga anticristo. Ang pagpupungos ay hindi isang bagay na ginagawa nang walang batayan,

kaya, sa anong konteksto at sa anong sitwasyon ito mangyayari sa isang anticristo? Ito ba ay dahil lang isang anticristo ang taong iyon? Sinasabi ng ilang tao: “Ang sinumang may katayuan, ang sinumang nasa pokus ng atensyon, ay mapupungusan sa huli.” Totoo ba iyon? (Hindi.) Kung gayon, ano ba ang ginagawa ng mga anticristo na nagdudulot para mapungusan sila? Pupungusan ba sila nang matindi kung ordinaryong pagkakamali ang nagawa nila? Hindi ba’t dapat itong pagbahaginan? (Oo.) Bakit pinupungusan ang mga anticristo? Sa teoretikal na pananaw, may mga mapagmataas na disposisyon ang mga anticristo, hindi sila nagpapasakop sa katotohanan, hindi nila minamahal ang mga salita ng Diyos o ang mga positibong bagay, tutol sila sa katotohanan, namumuhi sila sa katotohanan, at mga kaaway sila ng Diyos, kaya dapat silang pungusan o walang-awa pa ngang ilantad. Tama ba ang pahayag na ito? Batay sa mga pagpapamalas at pagpapakita nila, mailalarawan sila bilang mga anticristo, kaya nararapat silang mapungusan at walang-awa pa ngang ilantad; paano man sila pungusan, hindi sila karapat-dapat na kaawaan, dapat silang tanggihan, at may katwiran ang kahit sino na pungusan sila. Ganoon ba ang mga bagay-bagay? (Hindi.) Sigurado ba kayo? Bakit pinupungusan ang mga anticristo? Kakabanggit Ko lang ng ilang dahilan nito. Maaaring pakiramdam ng ilan sa inyo na hindi tama ang mga dahilan na iyon, pero hindi kayo sigurado; ito ay dahil mga doktrina lang ang nauunawaan ninyo, at hindi ninyo nakikilatis ang diwa nito. Ang katunayan na hindi pa ninyo ito nakilala ay nagpapakita na hindi pa ninyo nakilatis ang usapin ng kung bakit pinupungusan ang mga anticristo. Mga doktrina lamang ang nauunawaan ng karamihan ng tao tungkol sa usaping ito, at alam nila sa puso nila na dapat pungusan at walang-awang ilantad ang isang anticristo, pero wala silang pagkilatis sa aktuwal na pag-uugali ng isang anticristo; ipinapahiwatig nito na hindi nila kayang makilatis ang diwa ng isyung ito o ang diwa ng mga anticristo. Mga doktrina lang ang nauunawaan ng mga taong hindi nagtataglay ng katotohanang realidad, bulag nilang inilalapat ang mga patakaran, kaya kung mayroon talagang isang anticristo na gumagawa ng isang bagay, hindi nila ito makikilatis.

Bakit maaaring mapungusan ang isang anticristo? Napakasimple ng dahilan—dahil ito sa iba’t ibang pagpapamalas niya, at sa iba’t ibang pagsasagawa at pag-uugali na nabubunyag mula sa diwa niya. At ano ang mga pagsasagawa, pag-uugali, at pagpapamalas na ito? Una, nagtatatag ang mga anticristo ng mga sarili nilang nagsasariling kaharian. Dahil sa anticristong diwa nila, nakikipag-agawan sila sa Diyos para sa mga taong hinirang Niya, at nakikipag-agawan sila para sa teritoryo at para sa puso ng mga tao—ang lahat ng ito ay ang pagtatatag nila ng mga sarili nilang nagsasariling kaharian. Kapag nagtatatag ang isang tao ng sarili niyang nagsasariling kaharian, ginagawa ba niya ang kanyang tungkulin? (Hindi.) Nagsasagawa siya sa sarili niyang proyekto, pinamamahalaan ang saklaw ng impluwensiya at awtoridad niya, sinusubukang makuha ang eksklusibong kontrol sa kanyang sariling teritoryo, para bumuo ng sarili niyang paksiyon, para iligaw ang hinirang na mga tao ng Diyos para tanggihan ng mga ito ang Diyos at sa halip ay sa kanya sumunod ang mga ito. Hindi ito

paggawa ng kanyang tungkulin, pakikipagtuos ito sa Diyos. Kapag nagpapakita ng ganitong mga pagpapamalas ang isang anticristo, kapag ginagawa niya ang mga bagay na ito, dapat ba siyang pungusan? (Oo.) Isa ba ito sa mga dahilan ng pagpupungos sa isang anticristo? Isa ba ito sa mga partikular niyang pagpapamalas? (Oo.) Kung gayon, bakit hindi ninyo masabi iyon kanina? Hindi ba't parehong nasa mga labi at isipan ninyo ang mga salitang ito? (Oo.) Sumasalungat ba ang pagpapamalas na ito sa kababanggit Ko pa lang na mga teoretikal na dahilan? Ano ang pagkakaiba ng mga ito? (Medyo pangkalahatan ang mga dahilang iyon, samantalang detalyado ang pagpapamalas na kababanggit pa lang ng Diyos—praktikal na pagpapamalas ito ng isang anticristo.) Pangkalahatan ang mga dahilang iyon na binanggit kanina, ilang doktrina lang ang mga ito; hindi ang mga ito ang mga partikular na dahilan kung bakit talaga pinupungusan ang mga anticristo. Isa sa mga totoong dahilan ang pagpapamalas na ito. Ang unang pagpapamalas ay na sinusubukan nilang magtatag ng mga sarili nilang nagsasariling kaharian. Ang pangalawang pagpapamalas ay ang kanilang pailalim na manipulasyon. Pareho ang kalikasan nito sa pagsisikap ng isang tao na magtatag ng sarili niyang nagsasariling kaharian, pero magkaiba ang mga partikular na pagsasagawa. Kaya ano ang ibig sabihin ng pailalim na manipulasyon? Positibo o negatibo ba ang terminong ito? May mga maganda o mapanira bang konotasyon ito? (Mga mapanirang konotasyon.) Ano ang karaniwang kahulugan ng pailalim na manipulasyon? Anong mga uri ng mga pagpapamalas ang kabilang dito? (Ang paggawa ng mga anticristo ng mga bagay-bagay nang palihim upang patibayin ang kanilang katayuan. Halimbawa, sa mga panahon ng halalan sa iglesia, palihim silang nanghihingi ng boto.) Isa ito sa mga bagay na kabilang dito. Sa madaling salita, nangangahulugan ang ganitong uri ng pagpapamalas ng paggawa ng ilang bagay nang patago, nang hindi nakikipag-usap sa iba, nang hindi nagiging bukas sa iba, minamanipula ang mga sitwasyon nang hindi nalalaman ng lahat, sa partikular, hindi hinahayaang malaman ng ang Itaas o ng mga nakakataas na lider ang tungkol dito. Palihim na ginagawa ng mga anticristo ang ilang bagay, kahit na alam na alam nilang salungat sa mga prinsipyo ang mga bagay na iyon at hindi naaayon sa katotohanan, na nakakapinsala ang mga bagay na iyon sa sambahayan ng Diyos at na kinasusuklaman ng Diyos ang mga bagay na iyon. Iginigiit pa rin nila ang paggawa ng mga bagay na ito, gamit ang mga pakana ni Satanas at mga taktika ng tao para manipulahin ang sitwasyon, at pagkatapos ay kumikilos sila nang palihim. Ano ang kanilang mga layon sa pagsasagawa ng mga bagay-bagay nang palihim? Ang isang layon ay para agawin ang kapangyarihan, at ang isa naman ay para kamtin ang anumang interes na gusto nila. Para makamit ang mga ito, gumagawa sila ng mga bagay-bagay na labag sa mga katotohanang prinsipyo, sa mga tuntunin ng iglesia, sa mga layunin ng Diyos, at ang mas matindi pa, sa sarili nilang konsensiya. Walang pagiging bukas sa mga kilos nila—itinatago nila ang mga bagay-bagay mula sa lahat ng tao, o kaya ay sinasabi lamang nila sa ilang kasabwat na saklaw ng kanilang impluwensiya, para makamit nila ang layon nila na makontrol ang sitwasyon, malinlang ang mga nakatataas na lider at

ang hinirang na mga tao ng Diyos. Ang pailalim na manipulasyon ay nangangahulugan na gumagawa sila ng mga partikular na desisyon at pinamamatnugutan nila ang ilang bagay, habang ganap na walang kamalay-malay ang karamihan ng tao, at kapag lumipas na ang mga bagay na ito, hindi alam ng karamihan ng tao ang pinagmulan ng mga ito o kung sino ang nagsimula ng mga ito, o kung ano ba talaga ang nangyari. Bakit walang nalalaman ang karamihan ng tao? Ito ang kabuktutan, ang kalupitan ng isang anticristo. Sinasadya niyang linlangin ang mga kapatid, ang mga nakatataas na lider, at ang ang Itaas sa mga kilos niya. Gaano mo man subukang usisain ang mga bagay na ito o sinuman ang tanungin mo, walang nakakaalam kung ano ang sanhi ng mga ito, at wala pa ring ideya ang karamihan ng tao sa kung ano ang nangyayari, partikular na sa maraming bagay na nangyari sa nakalipas na matagal na panahon. Ito ay pailalim na manipulasyon. Isa itong karaniwang taktika na ginagamit ng mga anticristo—kapag may gusto silang gawin na isang bagay, pribado silang nagpapakana at nagpaplano nito, nang hindi ito sinasabi sa sino pa man. Ginagawa nila ang pagpapakana nila sa isip nila kung wala silang sinumang pinagkakatiwalaan; kung mayroon silang mga kasabwat, magpapakana at magpaplano sila nang palihim kasama ang mga ito, at maaaring maging puntirya ng kanilang manipulasyon, ng kanilang mga pakana ang sinumang saklaw ng kanilang impluwensiya. Ano ang pangunahing katangian ng ganitong uri ng pagsasagawa? Kawalan ito ng pagiging bukas, kung saan hindi tinatamasa ng karamihan ng tao ang karapatang malaman kung ano ang nangyayari, at pinaglalaruan, minamanipula, at inililigaw sila ng mga anticristo habang nalilito sila. Bakit gumagawa ang mga anticristo ng pailalim na manipulasyon, at bakit hindi sila kumikilos nang lantad o bukas, o bakit hindi nila binibigyan ang lahat ng karapatang malaman kung ano ang nangyayari? Dahil alam na alam nila at malinaw sa kanila na hindi naaayon sa mga prinsipyo o tuntunin ng sambahayan ng Diyos ang ginagawa nila, at na walang pakundangan silang gumagawa ng mga maling gawain. Alam nila na kung batid ng karamihan ng tao ang ginagawa nila, titindig ang ilan sa mga ito at kokontrahin sila, at kung malalaman ng mga nakatataas na lider, pupungusan at tatanggalin sila, at manganganib ang katayuan nila kung magkagayon. Iyon ang dahilan kaya ginagamit nila ang pamamaraan ng pailalim na manipulasyon sa ilang bagay na ginagawa nila, at hindi nila pinahihintulutan ang ibang tao na malaman ang tungkol sa mga ito. Kapaki-pakinabang ba ang mga kahihinatnan ng pailalim nilang manipulasyon sa gawain ng iglesia, at sa hinirang na mga tao ng Diyos? Makapagpapatibay ba ito para sa lahat? Siyempre hindi. Nalilihis at nalilinlang ang karamihan ng tao, at hindi talaga sila nakikinabang dito. Naaayon ba sa mga katotohanang prinsipyo ang pamamaraang ito ng pailalim na manipulasyon na ginagamit ng mga anticristo? Pagkilos ba ito nang ayon sa mga hinihingi ng Diyos? (Hindi.) Kaya, dapat bang pungusan ang mga anticristo kapag natuklasan ang mga pagpapamalas nilang ito ng pagsasagawa ng pailalim na manipulasyon? Dapat ba silang ilantad at tanggihan? (Oo.) Ang paggawa ng pailalim na manipulasyon ay isang kongkretong pagpapamalas ng mga anticristo.

Ano pa ang ibang mga pagpapamalas na karaniwan kapag gumagawa ang mga anticristo? (Sinusupil at pinapahirapan ng mga anticristo ang mga tao alang-alang sa sarili nilang katayuan.) Napakakaraniwang bagay na sa mga anticristo na magpahirap ng ibang tao, at isa ito sa kanilang kongkretong pagpapamalas. Upang mapanatili ang kanilang katayuan, laging hinihingi ng mga anticristo na sundin at pakinggan sila ng lahat. Kapag nakita nilang may hindi nakikinig sa kanila o kumontra at lumalaban sa kanila, gagamit sila ng mga taktika ng pagsusupil at pagpapahirap sa taong iyon, para supilin ito. Madalas na sinusupil ng mga anticristo ang mga taong may mga opinyong naiiba sa opinyon nila. Madalas na sinusupil nila ang mga taong naghahangad sa katotohanan at tapat na ginagampanan ang kanilang tungkulin. Madalas nilang sinusupil ang mga taong medyo disente at matuwid na hindi nambobola o sumisipsip sa kanila. Sinusupil nila ang mga hindi nila kasundo o hindi nagpapatalo sa kanila. Ang pagtrato ng mga anticristo sa iba ay hindi nakabatay sa mga katotohanang prinsipyo. Hindi nila kayang tratuhin nang patas ang mga tao. Kapag hindi nila nagustuhan ang isang tao, kapag ang isang tao ay tila hindi buong-pusong sumusuko sa kanila, naghahanap sila ng mga pagkakataon at mga palusot, at nag-iisip pa nga ng iba't ibang dahilan, upang batikusin at pahirapan ang taong iyon, umaabot pa sa puntong nagkukunwari silang ginagawa nila ang gawain ng iglesia upang supilin siya. Hindi sila tumitigil hanggang sa maging sunud-sunuran at hindi maka-hindi sa kanila ang mga tao; hindi sila tumitigil hangga't hindi kinikilala ng mga tao ang kanilang katayuan at kapangyarihan, at binabati sila nang may ngiti, nagpapahayag ng pag-endorso at pagtalima sa kanila, at hindi nangangahas na pag-isipan sila nang hindi maganda. Sa anumang sitwasyon, anumang grupo, ang salitang "patas" ay hindi umiiral sa pagtrato ng isang anticristo sa iba, at ang salitang "mapagmahal" ay hindi umiiral sa pagtrato niya sa kanyang mga kapatid na tunay na nananampalataya sa Diyos. Itinuturing niya ang sinumang banta sa kanyang katayuan bilang pako sa kanyang mata at tinik sa kanyang tagiliran, at hahanap siya ng mga pagkakataon at mga dahilan para pahirapan sila. Kung ang taong iyon ay hindi magpapatalo, pinapahirapan niya ito, at hindi tumitigil hangga't hindi nasusupil ang taong iyon. Ang pagsasagawa ng mga anticristo ng ganito ay labis na hindi naaayon sa mga katotohanang prinsipyo, at laban sa katotohanan, kung gayon, dapat ba silang pungusan? Hindi lang iyon—walang mas mababa pa sa paglalantad, pagkikilatis, at paglalarawan sa kanila ang sasapat. Tinatrato ng isang anticristo ang lahat ayon sa kanyang sariling mga kagustuhan, intensyon at pakay. Sa ilalim ng kanyang awtoridad, ang sinumang may pagpapahalaga sa katarungan, sinumang kayang magsalita nang patas, sinumang nangangahas na labanan ang kawalang-katarungan, sinumang pinanghahawakan ang mga katotohanang prinsipyo, sinumang tunay na may talento at marunong, sinumang kayang magbigay ng patotoo tungkol sa Diyos—lahat ng gayong tao ay haharapin ang inggit ng anticristo, at sila ay susupilin, ibubukod, at tatapak-tapakan ng anticristo hanggang sa puntong hindi na nila kaya pang bumangon muli. Gayon ang pagkamuhi sa pagtrato ng anticristo sa mabubuting tao, at sa mga naghahangad sa

katotohanan. Masasabing, humigit-kumulang, ang karamihan sa mga taong kinaiinggitan ng anticristo at kanyang sinusupil ay mga positibong personalidad at mabubuting tao. Karamihan sa kanila ay mga taong ililigtas ng Diyos, na magagamit ng Diyos, at gagawing perpekto ng Diyos. Sa paggamit ng gayong mga taktika para supilin at ihiwalay ang mga ililigtas, gagamitin, at gagawing perpekto ng Diyos, hindi ba't kalaban ng Diyos ang mga anticristo? Hindi ba't sila ay mga taong lumalaban sa Diyos? Dahil kinaiinggitan, binabatikos, at ibinubukod nang ganito ng mga anticristo ang mga taong naghahangad sa katotohanan, direkta nilang ginugulo ang gawain ng iglesia at ang buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Ang ganitong uri ng anticristo ay salungat hindi lang sa Diyos na nagkatawang-tao, kundi pati sa mga taong sumusunod sa Diyos at sa mga naghahangad sa katotohanan. Isa itong tunay na anticristo. Dapat bang maging mapagkilatis ang hinirang na mga tao ng Diyos sa ganitong uri ng pagpapamalas ng mga anticristo? Dapat ba nilang ilantad at tanggihan ang mga anticristo? Malulutas ba ang uri ng disposisyon na mayroon ang mga anticristo sa pamamagitan ng pagbabahagi sa katotohanan? Ang disposisyon nila ay pagkamuhi sa katotohanan at sa Diyos, at tiyak na hindi nila tatanggapin ang katotohanan o hindi sila magpapasakop sa katotohanan. Samakatwid, ang tanging paraan para pangasiwaan ang mga gayong tunay na anticristo ay ang ilantad, kilatisin, at pagkatapos ay tanggihan ang mga gayong tao. Ganap itong nakaayon sa mga katotohanang prinsipyo at sa mga layunin ng Diyos. Ang pagpapahirap ng mga anticristo sa hinirang na mga tao ng Diyos sa ganitong paraan ay malinaw na paglalagay sa kanilang sarili sa sitwasyon kung saan masasalungat nila ang Diyos at makikipag-agawan sila sa Diyos para sa Kanyang hinirang na mga tao. Kinaiinggitan at kinamumuhian nila ang mga taong hindi nila kayang iligaw at kontrolin. Hindi nila makamit ang mga taong ito, pero hindi rin nila pinahihintulatang makamit ng Diyos ang mga ito. Sa ganitong paraan, hindi ba't ginagampanan nila ang papel ni Satanas sa iglesia, na nakikipag-agawan sa Diyos para sa hinirang na mga tao ng Diyos, at nagdudulot ng pinsala at pagkasira sa mga ito? Nais ng mga anticristo na mapasailalim ng kanilang impluwensiya ang hinirang na mga tao ng Diyos na naghahangad sa katotohanan, hinahadlangan nila ang Diyos na makamit ang mga ito, at nais din nilang iligaw ang lahat ng taong sumusunod sa Diyos at pasunurin sa kanila ang mga taong ito, sinisira ang pag-asa ng mga ito sa kaligtasan. Saka lang nila makakamit ang kanilang layon. Hindi ba't pangunahing kaaway ng Diyos ang mga anticristong namiminsala sa mga tao hanggang mamatay? Dapat makilatis ninyo sila.

Ano pa ang ibang mga pagpapamalas na mayroon ang mga anticristo? (Sumasalungat sila sa mga pagsasaayos ng gawain at ginagawa lang nila ang mga bagay-bagay ayon sa sarili nilang pamamaraan.) May ilang pagkakatulad ito at ang pagtatatag ng sariling nagsasariling kaharian at ang pailalim na manipulasyon, ngunit isa rin itong partikular na pagpapamalas. Paano ginagawa ng mga anticristo ang mga bagay-bagay ayon sa sarili nilang pamamaraan? (Naglalabas ang ang Itaas ng mga pagsasaayos ng gawain para hingin sa hinirang na mga tao ng Diyos na kilatisin ang mga huwad na lider at anticristo,

pero hindi ipinapatupad ng ilang anticristo ang mga pagsasaayos ng gawain na ito, sa halip, ginagamit nilang dahilan ang “magagawa mo lang kilatisin ang ibang tao kapag nagawa mo nang kilatisin ang sarili mo” para kilalanin ng lahat ang sarili nila, na pumipigil sa mga kapatid na makilatis ang mga huwad na lider at anticristo.) Pagsalungat ito sa mga pagsasaayos ng gawain ng ang Itaas, at paggawa rin ito ng mga bagay-bagay ayon sa sarili nilang pamamaraan. Ano pa? (May sariling mga ideya ang mga anticristo tungkol sa mga pagsasaayos ng gawain ng ang Itaas. Sa panlabas, tila nagagawa nilang ipatupad ang mga pagsasaayos na ito at tila nakikipagbahaginan sila sa mga kapatid, pero hindi nila ito sinusubaybayan kailanman o hindi sila nagtatanong man lang tungkol sa mga bagay na ito, at binabalewala lang nila ang mga ito pagkatapos.) Ang pangunahing kahulugan ng paggawa ng mga anticristo ng mga bagay-bagay ayon sa sarili nilang pamamaraan ay na anuman ang gawaing isinasaayos ng ang Itaas o anuman ang gawaing hinihingi ng ang Itaas na ipatupad ng mga nasa ibaba, isasantabi ito ng mga anticristo, babalewalain nila ito, hindi ito sasabihin sa iba, at hindi ito ipapatupad, at pagkatapos ay gagawin nila ang gusto nila, kung ano ang handa silang gawin, at kung ano ang kapaki-pakinabang sa kanila. Halimbawa, sa paglalabas ng mga aklat ng mga salita ng Diyos, ayon sa mga prinsipyo ng iglesia sa pamamahagi ng aklat, bibigyan ng aklat ang lahat ng namumuhay ng normal na buhay iglesia. Pero kapag nakikita ito ng isang anticristo, iniisip niya, “May aklat para sa lahat? Hindi ba’t makasasama ito para sa akin? Hindi puwedeng isang aklat kada tao—kailangan kong isagawa at ipatupad ang gawaing ito batay sa kung ano ang partikular na iniisip sa akin ng bawat tao. Hindi ito dapat tungkol lang sa pamumuhay ng normal na buhay iglesia, kundi kung sino sa pangkalahatan ang nagbibigay ng mas maraming handog. Nang walang eksepsiyon, hindi dapat makakuha ng aklat ang mga taong hindi nagbibigay ng anumang handog o ang mahihirap. Kung magmamakaawa sila sa akin para sa isang aklat at magbibigay ng kaunting pera, batay sa kanilang ikinikilos, magdedesisyon ako kung bibigyan ko ba sila ng aklat o hindi.” Paggawa ba ito ng mga bagay ayon sa mga prinsipyo? Ano ang ginagawa nila? Ginagawa nila ang mga bagay-bagay ayon sa sarili nilang pamamaraan. Ang paggawa ng mga bagay-bagay ayon sa sarili nilang pamamaraan ay nangangahulugan ng pagtatakda ng sarili nilang mga patakaran sa labas ng umiiral na mga pagsasaayos ng gawain, kumikilos nang ayon sa mga patakarang iyon sa lokal nilang iglesia, hindi ipinapatupad ang mga pagsasaayos ng gawain at ang mga prinsipyong hinihingi ng sambahayan ng Diyos sa anumang paraan, at sa halip ay kumikilos nang ayon sa sarili nilang mga pakay at layon. Sa panlabas, namamahagi sila ng mga aklat, at mukhang nakumpleto na ang gampaning iyon. Pero ano ang batayan nila sa paggawa nito? Hindi ito batay sa mga pagsasaayos ng mga gawain ng sambahayan ng Diyos o sa mga tuntunin ng iglesia, batay ito sa sarili nilang mga patakaran, sa sarili nilang mga diskarte. Paggawa ito ng mga bagay-bagay ayon sa sarili nilang pamamaraan. Hindi man lang sila nagpapakita ng anumang pagpapasakop sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos; hindi nila magawang mahigpit na ipatupad o isagawa ang mga ito, at sa halip ay palihim

silang nagtatakda ng marami sa kanilang sariling mga tuntunin at regulasyon na isinasagawa at ipinapatupad sa loob ng lokal nilang iglesia. Hindi lamang ito pagtatatag ng sarili nilang nagsasariling kaharian, higit pa rito, paggawa ito ng mga bagay-bagay ayon sa sarili nilang pamamaraan. Sa madaling salita, kapag nagpapatupad sila ng mga pagsasaayos ng gawain sa lokal nilang iglesia, mga sarili nila itong pagsasaayos, na naiiba sa mga pagsasaayos ng gawain na inilabas ng ang Itaas at ipinapatupad sa ibang iglesia. Sa panlabas, iniraraos lang nila ang paggawa, natanggap nila ang mga pagsasaayos ng gawain at binasa ang mga ito, pero may sarili silang mga pamamaraan kung paano nila partikular na ipinapatupad ang mga ito. Binabalewala nila ang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, at hayagang nilalabag ang mga ito. Tinatawag ito na paggawa ng mga bagay-bagay ayon sa sarili nilang pamamaraan. Bakit ginagawa ng mga anticristo ang mga bagay-bagay ayon sa sarili nilang pamamaraan? (Gusto nilang gumamit ng kapangyarihan sa loob ng iglesia, at gusto nilang sila ang may huling salita sa lahat ng bagay.) Tama. Gusto lang nilang humawak ng kapangyarihan; hinahanap at sinusunggaban nila ang lahat ng pagkakataon para makamit ang kapangyarihan at makontrol ang iba, para pakinggan sila ng iba, sundin sila, at katakutan sila. Gusto nilang gamitin ang iba't iba nilang pagsasagawa para makontrol ang iba, para ipaalam sa iba na sila lang ang may hawak ng kapangyarihan sa lugar na ito, at wala nang iba pa, na talagang imposible para sa iba na hindi dumaan sa kanila, na laktawan sila, at na walang sinuman ang makahihigit sa kanila. Ang makontrol ang hinirang na mga tao ng Diyos at makuha ang kapangyarihan ang pangunahing kagustuhan ng mga anticristo. Napakalinaw na ang mga anticristong kumikilos nang ganito ay hindi pinangangasiwaan ang mga bagay-bagay nang naaayon sa mga katotohanang prinsipyo o sa mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos. Hindi ito isang bagay na dapat na ginagawa ng isang lider o ng sinumang normal na gumagawa ng kanilang tungkulin. Kaya, kapag ipinapakita ng mga anticristo ang ganitong pagpapamalas, dapat ba silang pungusan? Dapat ba silang ilantad at tanggihan? (Oo.)

Ano ang ilan sa iba pang mga pagpapamalas ng mga anticristo? (Ninanakaw ng mga anticristo ang mga handog, ginagastos ang pera ng sambahayan ng Diyos para sa kanilang sariling kasiyahan, at nagpapakasaya sa mga espesyal na pribilehiyo.) Ang pagpapakasaya sa mga espesyal na pribilehiyo ay isang partikular na pagpapamalas. Sa sandaling magkamit ng katayuan ang isang anticristo, wala nang makakapigil sa kanya—nakikita niya ang ibang mga tao bilang mga bagay na tinatapak-tapakan, at sa lahat ng ginagawa niya ay gusto niyang agawin ang atensyon, para magsamantala nang husto. Sinisikap niyang makalamang sa lahat ng ginagawa niya, pati na rin sa pananalita niya. Anumang puwesto ang kanyang inuupuan, gusto niya itong maging espesyal. Anumang pagtrato ang kanyang tinatamasa sa sambahayan ng Diyos, gusto niya itong maging mas mainam kaysa sa tinatanggap ng sinuman. Gusto niyang maging mas mataas ang tingin sa kanya ng lahat at magkaroon ng mas mataas na pagpapahalaga sa kanya ang lahat kaysa sa sinuman. Kapag wala siyang katayuan, gusto niya itong

agawin, at sa oras na mayroon na siyang katayuan ay nagiging napakayabang niya. Dapat na tumingala sa kanya ang sinumang nakikipag-usap sa kanya, walang puwedeng maglakad kasabay niya, at sa halip ay dapat na manatili ng isa o dalawang hakbang sa likod niya; walang puwedeng magsalita sa kanya nang napakalakas o napakasakit, gumamit ng mga maling salita, o tumingin sa kanya nang masama. Hahanapan niya ng kapintasan ang lahat, at may masasabi siya tungkol sa mga ito. Walang puwedeng magpasama ng loob niya o pumuna sa kanya; sa halip, dapat maging magalang ang lahat sa kanya, sumipsip sa kanya, at bolahin siya. Sa sandaling magkaroon ng katayuan ang isang anticristo, kikilos siya nang walang pakundangan at kung paano man niya gustuhin saan man siya magpunta, at magpapakitang-gilas para hangaan siya ng iba. Hindi lamang siya nagpapakasaya sa katayuan at talagang pinahahalagahan ang paghanga ng iba, partikular din na importante sa kanya ang mga materyal na kasiyahan. Gusto niyang manatili sa mga taong tagapagpatuloy ng mga kapatid na nagbibigay ng pinakamahasag na pagtrato. Sinuman ang taong nagpapatuloy sa kanya, may mga partikular siyang hinihingi pagdating sa kanyang kinakain, at kung hindi kasiya-siya ang pagkain, hahanap siya ng pagkakataon para pungusan ang taong nagpapatuloy sa kanya. Ayaw niyang tanggapin ang anumang mabababang kalidad na kasiyahan—ang lahat ng kanyang pagkain, damit, tinutuluyan, at transportasyon ay dapat na may pinakamataas na kalidad, hindi puwede ang karaniwan lang. Hindi niya kayang tanggapin ang mga bagay na katulad ng tinatanggap ng regular na mga kapatid. Kung ang iba ay bumabangon ng ika-5 o ika-6 nang umaga, siya ay babangon ng ika-7 o ika-8 nang umaga. Dapat na ilaan para sa kanya ang pinakamasasarap na pagkain at aytem. Kahit ang mga handog ng mga tao ay dapat muna niyang salain, at inaangkin niya anuman ang maganda at mahalaga, o anuman ang magustuhan niya, at iiwan ang mga tira-tira para sa iglesia. At may isa pang pinaka-nakakasuklam na ginagawa ng mga anticristo. Ano ito? Kapag may katayuan na sila, mas ginaganahan sila, lumalawak ang kanilang abot-tanaw, at natututo silang magpakasaya, pagkatapos ay nagkakaroon sila ng pagnanais na gumastos, kumonsumo, at dahil dito ay gusto nilang mapunta sa kanila ang lahat ng perang ginagamit ng iglesia para sa gawain nito, para ilaan ito kung paano man nila gusto, at para kontrolin ito ayon sa kanilang kagustuhan. Partikular na nagsasaya sa ganitong uri ng kapangyarihan at ganitong uri ng pagtrato ang mga anticristo, at kapag may kapangyarihan na sila, gusto nilang ilagay ang kanilang pangalan sa lahat ng bagay, tulad sa lahat ng tseke at iba't ibang kasunduan. Gusto nilang tamasahin ang pakiramdam na iyon ng walang humpay na pagpirma gamit ang panulat, ng pagwaldas ng pera na parang tubig. Kapag walang katayuan ang isang anticristo, walang makakakita ng ganitong mga pagpapamalas sa kanya, o na siya ay ganitong uri ng tao, na mayroon siyang ganitong uri ng disposisyon, na gagawa siya ng gayong mga bagay. Pero sa oras na magkamit na siya ng katayuan, nabubunyag ang lahat ng ito. Kung siya ay nahalal sa umaga, sa hapon ding iyon ay nagiging napakayabang niya, mapagmalaki, lumalaki ang ulo, at wala siyang pakialam sa mga ordinaryong tao. Napakabilis ng nangyayaring

pagbabago. Pero sa totoo lang, hindi siya nagbago—nabunyag lang siya. Nagpapakita siya ng mga kayabangang ito, at ano ang gagawin niya? Gusto niyang maging palamunin ng iglesia, para magpakasasa sa mga pakinabang ng katayuan. Sa tuwing may nagpapakain ng masarap, dali-dali niya itong kinakain, kasabay ng panghihingi ng mga suplementong pagkalusugan para mapanatili ang kanyang mabahong laman. Ang pagpapakasaya ng mga anticristo sa mga espesyal na pribilehiyo ay madalas na nangyayari; may mga pagkakaiba lang pagdating sa antas ng tindi. Kapag naging lider ang sinumang kumakapit sa kasiyahan ng laman, gusto niyang magpakasaya sa mga espesyal na pribilehiyo. Ito ang disposisyon ng mga anticristo. Sa sandaling magkaroon sila ng katayuan, ganap silang nag-iiba. Mahigpit nilang tinututukan, pinanghahawakan at hindi binibitiwan ang lahat ng kasiyahan at espesyal na pagtrato na kasama ng kanilang katayuan, at ayaw nilang luwagan ang pagkakakapit sa kahit isang hibla nito, o hayaang makawala kahit katiting nito. Alin sa mga pagpapamalas at pagsasagawang ito ng mga anticristo ang pagkilos na naaayon sa mga katotohanang prinsipyo? Wala ni isa. Ang bawat isa sa mga ito ay nakakasuka at nakakasuklam tingnan; hindi lang hindi naaayon ang kanilang mga pagsasagawa at pagpapamalas sa mga katotohanang prinsipyo, kundi tiyak na hindi sila nagtataglay ng katiting na konsensiya, katwiran, o kahihyan. Kapag may katayuan ang mga anticristo, bukod sa walang pakundangan silang gumagawa ng mga maling gawain at pinagsisikapan ang kanilang sariling kapangyarihan at katayuan, hindi lang sila bigong gumawa ng anumang bagay na makikinabang ang gawain ng iglesia o ang buhay pagpasok ng mga kapatid, nagpapakasaya pa sila sa mga pakinabang ng katayuan, kasiyahan ng laman, at paghanga at paggalang sa kanila ng mga tao. Naghahanap pa nga ang ilang anticristo ng mga taong maglilingkod sa kanila, ibang taong magsisilbi sa kanila ng tsaang iniinom nila, maglalaba ng kanilang mga sinusuot na damit, at pati pa nga ang pagkakaroon ng isang partikular na taong maghihilod ng likod nila kapag sila ay naliligo, at isang nagsisilbi sa kanila kapag sila ay kumakain. Ang mas malala pa rito, mayroon pa ngang nakahandang menu ang ilan para sa bawat isa sa tatlong beses na pagkain sa isang araw, at bukod pa rito, gusto nilang uminom ng mga suplementong pangkalusugan, at magpakulo ng lahat ng uri ng iba't ibang sopas para sa kanila. May kahihyan ba ang mga anticristo? Wala, wala silang kahihyan! Masasabi ba ninyong medyo maluwag ang basta pungusan lang ang ganoong uri ng tao? Makakaramdam ba sila ng kahihyan kung sila ay pupungusan? (Hindi.) Kung gayon, paano malulutas ang isyung ito? Napakasimple nito. Pagkatapos silang pungusan, ilantad sila, at ipaalam sa kanila kung ano sila. Pumayag man sila rito o hindi, dapat silang tanggalin at dapat silang tanggihan ng lahat. Kapag natuklasan ninyo ang isang anticristo, kaya ba ninyo siyang tanggihan? Mangangahas ba kayong manindigan para iulat at ilantad siya? (Oo.) Mangangahas ba talaga kayo o hindi? Kapag may sumusuportang iba sa iyo ngayon, mangangahas kang manindigan at ilantad siya, ngunit kapag walang sumusuporta, matapang ka pa rin ba? Ligtas ka sa kinalalagyan mo ngayon, nang wala ang malaking pulang dragon na naghahari, kaya iniisip mo, “Ano ang dapat kong

ipangamba? Hindi ba't mga anticristo lang sila? Sa suporta ng Diyos, may lakas ako ng loob na ilantad ang anticristo at hindi ako natatakot!" Gayumpaman, iba sa bansa ng malaking pulang dragon. Kung ilalantad mo ang isang anticristo at mawala siya sa kanyang katayuan, mangangahas siyang pahirapan ka, ipagkanulo ka, at ibigay ka sa mga kamay ng mga awtoridad. Mangangahas ka pa rin bang ilantad siya? (Marahil ay hindi.) Marahil ay hindi. Magbabago kaagad ang saloobin mo; sa kapaligiran na iyon hindi ka mangangahas na ilantad siya. Kung gayon, tama ba ang hindi pangangahas na ilantad siya? Hindi ito tama, wala kang pagpapatotoo, at nangangahulugan ito na hindi ka isang mananagumpay; hindi ito isang bagay na dapat sabihin ng isang tagasunod ng Diyos. Ipagpalagay na nanahimik ka, pero paulit-ulit na humihiyaw ang puso mo: "Ikaw na anticristo, ikaw na diyablo at Satanas, ilalantad kita. Gagamit ako ng karunungan para tanggihan ka at alisin sa iglesia! Hindi ka karapat-dapat na manahan sa sambahayan ng Diyos, isa kang diyablo, isa kang Satanas! Kahit hindi kita inilalantad nang hayagan gamit ang mga salita ko, tinatanggihan kita mula sa kaibuturan ng puso ko. Hahanap ako ng mas maraming kapatid na nakakaunawa sa katotohanan at sama-sama ka naming itatanggi. Hindi namin tatanggapin ang iyong pamumuno o manipulasyon!" Ito ba ang tamang paraan ng pagkilos? (Oo.) Maaaring mapeligro ang sitwasyon at ang hayagang paglalantad sa isang anticristo ay maaaring maglagay sa iyo sa panganib, pero ang atas ng Diyos, ang mga katotohanang prinsipyo, at ang tungkulin mo, ay hindi maaaring talikuran o abandonahin. Tungkol naman sa mga anticristong nagpapakasaya sa mga espesyal na pribilehiyo, na hindi nahihiyang tamasahin ang mga pakinabang ng katayuan, dapat natin silang tanggihan, at huwag silang hayaang maging mga linta sa sambahayan ng Diyos o pinsalain o iligaw ang iba pang mga kapatid. Dapat natin silang alisin. Ang mga yaman ng sambahayan ng Diyos ay hindi para suportahan ang mga lintang ito. Hindi sila karapat-dapat na kumain sa loob ng sambahayan ng Diyos, ni hindi sila karapat-dapat na magtamasa ng lahat ng bagay sa sambahayan ng Diyos. Bakit ganon? Dahil sila ay mga diyablo at nararapat silang tanggihan. Ito ay isa pang pagpapamalas ng mga anticristo—ang pagpapakasaya sa mga espesyal na pribilehiyo, ang walang-kahihiyang pagpapakasaya sa mga espesyal na pribilehiyo. Nang walang anumang iniaambag, sa oras na makamit nila ang posisyon ng pamumuno, inaagaw nila ang kapangyarihan, nagpapakasaya sa mga pakinabang ng kanilang katayuan, at sapilitang pinagluluto at pinabibili ang mga kapatid ng masasarap na pagkain para sa kanila, ninanakawan ang mga ito ng pinaghirapan nilang pag-aari, at hinuhuthot ang pera at mga bagay na pag-aari ng mga ito. Para sa kanila, natural lang iyon, isang napakahalagang oportunidad, isang pagkakataong hindi na muling babalik. Hindi ba't ganito mag-isip ang isang diyablo? Napakawalang-kahihiyang pag-iisip ito. Ang ganitong uri ng tao ay dapat pungusan, ilantad, at itanggi ng mga kapatid.

Ano ang ilang iba pang pagpapamalas ng mga anticristo? Partikular na pagpapamalas ba ang panlilinlang ng mga nasa itaas at ibaba ng isang tao? (Oo.) Likas na buktot ang mga anticristo; wala silang isang puso ng pagkamatapat, ng pagmamahal sa katotohanan, o ng

pagmamahal sa mga positibong bagay. Madalas silang namumuhay sa madidilim na sulok—hindi sila kumikilos nang may saloobin ng pagkamatapat, hindi sila nagsasalita nang totoo, at nagkikimkim sila ng buktot at mapanlinlang na puso kapwa sa ibang tao at sa Diyos. Gusto nilang linlangin ang iba, at linlangin pati ang Diyos. Hindi nila tatanggapin ang pangangasiwa ng iba, lalo na ang pagsisiyasat ng Diyos. Kapag kasama sila ng ibang tao, hindi nila kailanman gustong malaman ng sinuman kung ano, sa kaibuturan, ang kanilang iniisip at pinaplano, kung anong uri sila ng tao, at kung anong saloobin ang kinikimkim nila sa katotohanan, at iba pa; ayaw nilang malaman ng iba ang alinman sa mga ito, at gusto rin nilang lokohin ang Diyos, para maglihim sa Kanya. Kaya, kapag walang katayuan ang isang anticristo, kapag wala siyang mga oportunidad para manipulahin ang sitwasyon sa isang grupo ng mga tao, wala talagang sinuman ang makakaalam kung ano ang nasa likod ng kanyang mga salita at kilos. Magtataka ang mga tao: “Ano ba ang iniisip niya bawat araw? May anumang intensyon ba sa likod ng kanyang pagganap sa kanyang tungkulin? Nagpapakita ba siya ng katiwalian? Nakakaramdam ba siya ng anumang inggit o pagkamuhi sa iba? May anumang pagkiling ba siya laban sa ibang tao? Ano ang kanyang mga pananaw sa mga sinasabi ng iba? Ano ang iniisip niya kapag nahaharap siya sa mga partikular na bagay?” Kailanman ay hindi ipinapaalam ng mga anticristo sa iba kung ano ang talagang nangyayari sa kanila. Kahit na nagpapahayag sila ng kaunting salita tungkol sa kanilang opinyon sa isang bagay, magiging malabo at hindi malinaw ang mga ito, magpapaligoy-ligoy sila para hindi maintindihan ng iba kung ano ang ipinaparating nila, at hindi malaman ng iba kung ano ang gusto nilang sabihin, o kung ano ang sinusubukan nilang ipahayag, kaya napapakamot na lang ng ulo ang lahat. Pagkatapos makakuha ng katayuan ang isang taong tulad niyon, mas lalo siyang nagiging malihim sa kanyang pag-uugali kapag kasama ng ibang tao. Gusto niyang protektahan ang kanyang mga ambisyon, reputasyon, imahe at pangalan, ang kanyang katayuan at dignidad, at iba pa. Iyon ang dahilan kung bakit ayaw niyang maging direkta tungkol sa kung paano niya ginagawa ang mga bagay-bagay o sa kanyang mga motibo sa paggawa ng mga bagay-bagay. Kahit kapag siya ay nagkakamali, nagpapakita ng tiwaling disposisyon, o kapag mali ang mga motibo at intensyon sa likod ng kanyang mga kilos, ayaw niyang magtapat at hayaang malaman ng iba ang tungkol dito, at kadalasan siyang nagpapanggap na inosente at perpekto para linlangin ang mga kapatid. At sa ang Itaas at sa Diyos, magagandang-pakinggang bagay lang ang kanyang sinasabi, at madalas siyang gumagamit ng mga mapanlinlang na taktika at kasinungalingan para mapanatili ang kanyang ugnayan sa ang Itaas. Kapag nag-uulat siya ng kanyang gawain sa ang Itaas, at nakikipag-usap sa ang Itaas, hindi siya kailanman nagsasalita ng anumang hindi maganda, para walang makatuklas ng anuman sa kanyang mga kahinaan. Hindi niya kailanman babanggitin kung ano ang ginawa niya sa ibaba, ang anuman sa mga isyu na lumitaw sa iglesia, ang mga problema o kapintasan sa kanyang gawain, o ang mga bagay na hindi niya maunawaan o makilatis. Hindi siya kailanman nagtatanong o

naghahanap sa ang Itaas tungkol sa mga bagay na ito, at sa halip ay nagpapakita lang siya ng imahe at anyo ng kahusayan sa gawain, ng kapabilidad na lubos na pasanin ang kanyang gawain. Hindi niya iniuulat sa ang Itaas ang anumang problema na umiiral sa iglesia, at kahit gaano pa kagulo ang mga bagay-bagay sa iglesia, ang laki ng mga depektong lumabas sa kanyang gawain, o kung ano ang eksaktong ginagawa niya sa ibaba, paulit-ulit niyang pinagtataktan ang lahat ng iyon, sinisikap na hindi kailanman malaman ng ang Itaas o marinig ang anumang balita tungkol sa mga bagay na ito, umaabot pa nga hanggang sa paglilipat ng mga tao na konektado sa mga usaping ito o sa nakakaalam ng katotohanan tungkol sa mga ito sa malalayong lugar sa pagsisikap na maitago kung ano ang talagang nangyayari. Anong uri ng pagsasagawa ang mga ito? Anong klaseng pag-uugali ito? Ito ba ang uri ng pagpapamalas na dapat mayroon ang isang tao na naghahangad sa katotohanan? Napakalinaw na hindi ito. Ito ay pag-uugali ng isang demonyo. Gagawin ng mga anticristo ang lahat ng kanilang makakaya para itago, para pagtakpan ang anumang bagay na maaaring magkaroon ng epekto sa kanilang katayuan o reputasyon, itinatago ang mga bagay na ito mula sa ibang tao at mula sa Diyos. Ito ay panlilinlang sa mga nasa itaas at ibaba nila. Madalas nilang sasabihin sa mga nasa ibaba nila, “Napakataas ng tingin sa akin ng ang itaas, at labis akong pinahahalagahan. Nagtalaga ng ganito at ganoong mga gampanin sa akin ang ang itaas, ipinagkakatiwala sa akin ang gayong kahalagang gawain. Pinangangalagaan talaga nila akong mabuti, binibigyan ako ng mga direksiyon para sa aking gawain, at talagang inako rin nila ang responsabilidad para sa aking buhay. Pinungusan ako ng ang itaas dahil sa ganito at ganoong mga usapin, at tinanggap ko ito sa ganito at ganoong paraan, at ang pagkakaunawa ko rito ay ganito at ganoon. Tingnan ninyo kung gaano ako kamahal ng diyos—personal niya akong pinungusan, at binigyan ako ng personal na gabay sa gawain ko.” At sa ang Itaas, ginagamit nila ang isang paraan ng pag-ako ng isang malaking responsabilidad para sa kanilang gawain, ng matinding pagmamalasakit sa mga kapatid, at ng ganap na paglalaan ng kanilang puso at lakas, pero hindi sila kailanman magsasalita tungkol sa kapatid na naghahayag ng ibang ideya o opinyon sa kanila, o tungkol sa anumang mga kapintasan o paglihis sa kanilang gawain. Ginagawa nila ang kanilang makakaya para mapanatili ang mabuting ugnayan sa mga nasa ibaba nila habang sinisikap nilang gawin ang lahat upang itago ang iba’t ibang katunayan tungkol sa kanila mula sa ang Itaas, takot na matanggal kung malalaman ng ang Itaas kung ano talaga ang nangyayari sa kanila. Hindi ba’t panlilinlang ito sa mga nasa itaas at ibaba nila? Sa sandaling makahawak ng kapangyarihan ang isang anticristo, ginagawa niya ang lahat ng kanyang makakaya para itago ang katunayan tungkol sa kanyang sarili para walang makakilatis sa kanyang tunay na kalagayan, sa kanyang tunay na sitwasyon, o sa kanyang aktuwal na pagkatao o mga kapabilidad sa gawain. Gumagamit siya ng lahat ng uri ng taktika at pamamaraan upang itago ang mga bagay na ito, para makapagkamit siya ng matibay na posisyon at matamasa ang kapangyarihan at ang mga pakinabang ng katayuan habambuhay. Ang

panlilinlang sa mga nasa itaas at ibaba ng isang tao ay isang bagay na tanging mga anticristo ang gumagawa. Naaayon ba ito sa mga katotohanang prinsipyo? Ito ba ay isang pagpapamalas na dapat na tinataglay ng isang taong naglilingkod sa Diyos? Ito ba ay isang pagpapamalas na dapat tinataglay ng isang taong naghahangad sa katotohanan? (Hindi.) Kaya, kapag ang isang anticristo ay nagtataglay ng ganitong uri ng pagpapamalas, ng ganitong uri ng disposisyon, dapat ba siyang pungusan? (Oo.)

Napag-usapan pa lang natin ang tungkol sa anim na dahilan kung bakit pinupungusan ang mga anticristo. Ang una ay ang pagtatatag ng mga sarili nilang nagsasariling kaharian; ikalawa, ang pagsasagawa ng pailalim na pagmamaniplula; ikatlo, ang pagpapahirap sa iba; ikaapat, ginagawa lang nila ang mga bagay-bagay ayon sa sarili nilang pamamaraan; ikalima, ang pagpapakasaya sa mga espesyal na pribilehiyo; at ikaanim, ang panlilinlang sa mga taong nasa itaas at ibaba nila. Mayroon pa bang iba? (Ang pagpapakalat ng mga maling paniniwala at panlilinlang upang iligaw ang mga kapatid.) (Ang hindi kailanman pagdakila o pagpapatotoo sa Diyos, at sa halip ay palaging nagpapatotoo sa kanilang sarili, nagpapahayag ng mga salita at doktrina para iligaw ang mga tao.) (Hinuhusgahan, binabatikos at kinamumuhian ang taong ginagamit ng Banal na Espiritu.) Sa tatlong bagay na ito, alin ang medyo malapit ang diwa sa anim na dahiling natalakay na natin? (Ang palaging pagtataas at pagpapatotoo sa kanilang sarili at ang hindi kailanman pagpapatotoo sa Diyos.) Ang isang iyon ay medyo likas na seryoso. Pangalawa roon ay ang pangbabatikos at panghuhusga sa taong ginagamit ng Banal na Espiritu, sinusundan ng pagpapakalat ng mga maling paniniwala para iligaw ang mga tao. May ilan pang ibang mga partikular na pagpapamalas ang mga anticristo, pero ang mga ito, humigit-kumulang, ang kumakatawan sa lahat, kaya hindi na natin kailangang idetalye pa ang bawat isa sa mga ito ngayon. Hindi iyon ang pokus ng pagbabahaginan ngayon; sa halip, ang pokus ngayon ay kung paanong hindi tatanggapin ng isang anticristo ang pagpupungos, at kung paanong wala siyang saloobin ng pagsisisi kapag nakakagawa siya ng anumang pagkakamali, kundi sa halip ay nagkakalat siya ng mga kuru-kuro at hayagan niyang hinuhusgahan ang Diyos. Sa madaling salita, ang saloobin ng isang anticristo matapos siyang pungusan, ang ugat ng saloobing ito, at kung ano talaga ang kanyang disposisyong diwa—ito ang pangunahing punto na dapat nating pagbahaginan. Ang ibang bagay na katatalakay lang natin ay maliliit na paksa na medyo nauugnay rito. Dahil natalakay na natin ang mga ito nang may sapat na detalye dati, ngayon ay pinagbahaginan natin ang mga ito sa malawak at pangkalahatan na paraan lang, ibinubuod ang iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo na pinagbahaginan natin noong nakaraan. Tinataglay ng mga anticristo ang mga pagpapamalas na ito, ang mga disposisyon at diwang ito, at ginawa nila ang ganitong uri ng mga bagay, kaya dapat silang pungusan at tanggihan. Gayumpaman, kikilalanin ba ng isang tunay na anticristo, ng isang taong nagtataglay ng diwa ng isang anticristo, ang mga bagay na ito na ginawa nila o na ang mga pagpapamalas nilang ito ay mga pagpapamalas ng isang anticristo? (Hindi, hindi nila ito kikilalanin.) Kailan mo ba nakitang kinilala ni Satanas at ng mga

diyablo na kinakalaban nila ang Diyos? Kailanman ay hindi nila aaminin na kinakalaban nila ang Diyos, at anumang uri ng mga pagkakamali ang ginawa nila, hindi nila kailanman aaminin na mali sila. Kaya, magsimula tayo sa paksang ito para sa pagbabahaginan ngayon mula sa perspektiba ng diwang ito ng mga anticristo.

II. Kung Paano Umaasal ang mga Anticristo Kapag Hindi Nila Tinatanggap ang Pagpungos

A. Pagtanging Aminin na may Nagawa Silang Mali

Gaano man kalaking pagkakamali ang nagawa ng isang anticristo, at gaano man karaming kasamaan ang nagawa niya, kapag siya ay pinungusan, ang unang pag-uugali na ginagawa niya ay isang lubusang pagtangga na may ginawa siyang anumang pagkakamali, desperadong gumagamit ng huwad na pangangatwiran para ipagtanggol ang sarili niya. Ito ay kawalan niya ng saloobin ng pagsisisi kapag nakakagawa siya ng anumang pagkakamali, na nabanggit sa ikalabing-isang pagpapamalas ng mga anticristo. Walang saloobin ng pagsisisi ang mga anticristo, kaya ano ang iniisip nila sa kaibuturan ng utak nila? Bakit wala silang saloobin ng pagsisisi? (Dahil naniniwala sila na wala silang nagawang anumang pagkakamali.) Tama. Ganap na hindi umaamin ang mga anticristo na nakagawa sila ng anumang pagkakamali. Kaya, nagagawa ba nilang umamin na mga anticristo sila? Mas mahirap pa nga ito. Kung makakagawa ka ng isang listahan ng mga katunayan para ilantad ang isang anticristo, matatanggap ba niya ito? Walang kaduda-duda, mas hindi niya ito kakayaning tanggapin. Sa pamamagitan ng ganitong mga uri ng pagpapamalas, nagagawa nating makita na ang diwa ng isang anticristo ay ang paglaban at pagkakanulo sa Diyos, at na ang disposisyon niya ay tutol sa katotohanan, namumuhi sa katotohanan, at ganap na walang pagmamahal sa katotohanan. Samakatwid, kapag inilalantad ang mga anticristo at pinupungusan, ang unang ginagawa nila ay maghanap ng iba't ibang dahilan para ipagtanggol ang kanilang sarili, maghanap ng lahat ng uri ng dahilan para subukang makalusot, sa gayon ay naisasagawa nila ang kanilang layon na umiwas sa kanilang mga responsabilidad, at nakakamtan ang kanilang pakay na mapatawad. Ang pinakakinatatakutan ng mga anticristo ay na makikilatis ng hinirang na mga tao ng Diyos ang kanilang karakter, ang kanilang mga kahinaan at kapintasan, ang kanilang nakapagpapabagsak na kahinaan, ang kanilang tunay na kakayahan at kapabilidad sa gawain—kaya ginagawa nila ang lahat para pagandahin ang tingin sa kanila at pagtakpan ang kanilang mga pagkukulang, isyu, at tiwaling disposisyon. Kapag nabubunyag at nalalantad ang kanilang kasamaan, ang unang ginagawa nila ay hindi aaminin o tanggapin ang katunayang ito, o gawin ang lahat ng kanilang makakaya para makabawi at makabayad sa mga pagkakamali nila, sa halip ay sinisikap nilang gumawa ng iba't ibang paraan para mapagtakpan ang mga ito, malinlang at mailihis ang mga nakakaalam sa mga ginawa nila, huwag hayaang makita ng hinirang na mga tao ng Diyos ang tunay na kalikasan ng usapin, huwag hayaang

malaman ng mga ito kung gaanong nakapipinsala ang mga ginawa nila sa sambahayan ng Diyos, kung gaano nila ginambala at ginulo ang gawain ng iglesia. Mangyari pa, ang pinakakinatatakutan nila ay ang malaman iyon ng ang Itaas, dahil kapag nalaman iyon ng ang Itaas, pakikitunguhan sila ayon sa prinsipyo, at magiging katapusan na ng lahat para sa kanila, at tiyak na matatanggal sila at matitiwalag. Kaya nga, kapag nalalantad ang kasamaan ng mga anticristo, ang unang ginagawa nila ay hindi pagnilayan kung saan sila nagkamali, saan nila nilabag ang mga prinsipyo, bakit nila ginawa ang ginawa nila, anong disposisyon ang nanaig sa kanila, ano ang mga intensyon nila, ano ang kanilang kalagayan noong panahong iyon, kung dahil ba iyon sa kanilang pagkasuwail o dahil sa karumihan ng kanilang mga intensyon. Sa halip na suriin ang mga bagay na ito, o pagnilayan man lang ang mga ito, nag-iisip silang mabuti ng kahit anong paraan para mapagtakpan ang mga tunay na pangyayari. Kasabay nito, ginagawa nila ang lahat para ipaliwanag at pangatwiranan ang sarili nila sa harap ng hinirang na mga tao ng Diyos, para malinlang sila, pinagmumukhang maliit ang mga malalaking problema at pinagmumukhang hindi problema ang maliliit na problema, at idinadaan sa pagpapalusot ang mga ito nang sa gayon ay maaari silang manatili sa sambahayan ng Diyos, walang ingat na gumagawa ng mga maling gawa at inaabuso ang kanilang kapangyarihan at patuloy na inililigaw at kinokontrol ang mga tao, at pinapatingala ang mga ito sa kanila at pinapagawa ang sinasabi nila para matugunan ang kanilang mga ambisyon at pagnanais. Mula simula hanggang katapusan, ano ba talaga ang ginagawa ng mga anticristo? Ang ginagawa lang ng mga anticristo ay mag-isip nang husto, sinusubukang sabihin ang mga bagay, gawin ang mga bagay, at magpakaabala alang-alang sa sarili nilang katayuan at reputasyon, sa halip na lumapit sa harap ng Diyos para manalangin at aminin ang mga pagkakamali at pagsalangsang nila, at alamin ang sarili nilang mga intensyon at mga tiwaling disposisyon. Hindi rin nila inaamin ang pinsalang idinulot ng mga pagkakamaling nagawa nila sa gawain ng iglesia at sa mga kapatid. Sa halip, balisa nilang hinahanap nang paulit-ulit sa kaibuturan ng puso nila: “Saang bahagi ba ako eksaktong nagkamali? Saan ba ako hindi naging maingat, na nagtulot sa isang tao na makakuha ng kalamangan sa akin? Saan hindi naging sapat ang pagsisikap ko o hindi ko ganap na isinaalang-alang ang mga bagay-bagay, na nagtulot para magkaproblema, at maging pinagmumulan ng pagpuna o ng isang piraso ng kalamangan na magagamit laban sa akin?” Iniisip nila at sinasala ang mga bagay na ito nang paulit-ulit, hindi makakain o makatulog. Pero kailanman ay hindi nagninilay-nilay o nakikilala ng isang anticristo ang sarili niya, lalong hindi siya nananalangin sa Diyos at hindi umaamin na nakagawa siya ng mali, at hindi siya naghahanap ng mga kasagutan batay sa salita ng Diyos, hindi siya naghahanap ng katotohanan na dapat niyang isagawa o ng mga katotohanang prinsipyo na dapat niyang sundin, at lalong hindi niya hinahanap ang mga kapatid na nakakaunawa sa katotohanan para ipagtapat ang kanyang kalooban sa pagbabahaginan at kasamang hanapin ang katotohanan para solusyonan ang mga problema. Kapag nahaharap siya sa isang usapin, hindi siya naghahanap o

nagpapasakop, sa halip, sinusubukan niyang gamitin ang lahat ng paraan na puwede niyang gamitin para itago ang mga problema niya, iniisip niya na mas kaunti ang nakakaalam tungkol sa mga ito, mas mabuti, at na pinakamabuting gawin ang pangangalaga sa kanyang reputasyon at katayuan. Ganito kadilim ang puso ng mga anticristo, at puno ang mga ito ng paghihimagsik at kabuktutan, walang kahit katiting na intensyon na magpasakop sa Diyos. Palaging naghahanap ng mga paraan ang mga anticristo para hindi mapinsala ang reputasyon at katayuan nila. Sinuman ang nakikipagbahaginan sa katotohanan sa kanila para suportahan at tulungan sila, hindi nila ito tinatanggap, iniisip sa sarili nila: “Nauunawaan ko lahat. Hindi ko kailangan ng tulong ninyo! Kahit na may mga problema ako, mas magaling ako sa inyo. Iniisip ba ninyo na matutulungan ninyo ako sa pamamagitan ng kaunting nauunawaan ninyo? Talagang sobra-sobra ang pagtantiya ninyo sa mga kakayahan ninyo rito!” Ganito talaga kamapagmataas at mapagmagaling ang mga anticristo. Napakarami nilang ginagawang masama pero tumatangging aminin na may nagawa silang anumang mali o na mayroon silang anumang mga problema. Sa puso nila, masyadong matigas ang kalooban nila at ayaw talagang makinig sa anumang sinasabi ng sinuman. Ang tanging bagay na hindi nila kayang isantabi sa mga isipan nila ay kung ano kalaunan ang magiging epekto ng kanilang mga aksyon sa kanilang reputasyon at katayuan. Ito ang bagay na pinaka-nakakabagabag sa kanila at ang bagay na pinaka-inaalala nila.

Gaano man karaming maling bagay ang ginagawa ng isang anticristo, anumang uri ng mga maling bagay ang ginagawa niya, ito man ay pagdispalko, pagwawaldas, o maling paggamit ng mga handog sa Diyos, o kung ginugulo o ginagambala niya ang gawain ng iglesia, sinisira ito at pinupukaw ang poot ng Diyos, palagi siyang kalmado, mahinahon, at lubos na walang pakialam. Anumang uri ng kasamaan ang ginagawa ng isang anticristo o kung ano ang mga kinahihinatnan nito, hinding-hindi siya kaagad lumalapit sa Diyos para ipagtapat ang kanyang mga kasalanan at magsisi, o hinding-hindi siya lumalapit sa mga kapatid nang may saloobin ng paglalantad sa sarili at pagtatapat upang aminin ang kanyang mga kamalian, alamin ang kanyang mga pagsalangsang at ang kanyang katiwalian, at pagsisihan ang kanyang masasamang gawa. Sa halip, nag-iisip siya nang husto upang makahanap ng iba’t ibang dahilan para iwasan ang pananagutan at ibunton ang sisi sa iba upang mapanumbalik ang sarili niyang karangalan at katayuan. Ang mahalaga sa kanya ay hindi ang gawain ng iglesia, kundi kung napipinsala o naapektuhan ba sa anumang paraan ang kanyang reputasyon at katayuan. Hindi talaga siya nagsasaalang-alang o nag-iisip ng mga paraan para makabawi sa mga kawalang idinulot sa sambahayan ng Diyos ng kanyang mga pagsalangsang, ni hindi niya sinisikap na makabawi sa kanyang pagkakautang sa Diyos. Ibig sabihin, hinding-hindi niya inaamin na kaya niyang gumawa ng mali o na nakagawa siya ng pagkakamali. Sa puso ng mga anticristo, ang maagap na pag-amin sa mga pagkakamali at pagbibigay ng matapat na paglalahad ng mga tunay na pangyayari ay kawalan ng kakayahan at isang kahangalan. Kung matuklasan at malantad ang kanilang masasamang gawa, aamin

lang ang mga anticristo sa panandaliang walang-ingat na pagkakamali, hindang-hindi sa kanilang sariling pagpapabaya sa tungkulin at pagiging iresponsable, at tatangkain nilang isisi ang pananagutan sa iba para maalish ang mantsha sa talaan nila. Sa ganitong mga pagkakataon, hindi inaalala ng mga anticristo kung paano makakabawi sa mga kawalang naidulot sa sambahayan ng Diyos, kung paano magtapat, aminin ang kanilang mga pagkakamali, o ilahad ang nangyari sa hinirang na mga tao ng Diyos. Ang inaalala nila ay paghahanap ng mga paraan para pagmukhaing maliliit na bagay ang malalaking problema at pagmukhaing hindi problema ang maliliit na suliranin. Nagbibigay sila ng mga obhetibong dahilan para unawain at damayan sila ng iba. Ginagawa nila ang makakaya nila para mapanumbalik ang kanilang reputasyon sa isipan ng ibang tao, pinaliliit ang lubhang negatibong impluwensiya sa kanilang sarili ng kanilang mga pagsalangsang, hindi hinahayaang magkaroon ng masamang impresyon sa kanila ang ang Itaas, at tinitiyak na hindi sila kailanman pananagutin, tatanggalin, iimbestigahan ang sitwasyon, o pangangasiwaan ng ang Itaas. Para mapanumbalik ang kanilang reputasyon at katayuan, upang hindi mapinsala ang sarili nilang mga interes, handang magtiis ang mga anticristo ng anumang tindi ng pagdurusa, at mag-iisip sila ng lahat ng posibleng paraan para malutas ang anumang problema. Mula sa pinakasimula ng kanilang pagsalangsang o pagkakamali, kahit kailan ay walang anumang intensyon ang mga anticristo na panagutan ang mga maling bagay na ginagawa nila, kahit kailan ay wala silang anumang intensyong aminin, pagbahaginan, ilantad, o himayin ang mga motibo, intensyon, at tiwaling disposisyon sa likod ng mga maling bagay na ginagawa nila, at walang dudang wala silang anumang intensyon kailanman na makabawi sa pinsalang idinudulot nila sa gawain ng iglesia at sa kawalang idinudulot nila sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Samakatwid, anumang perspektiba ninyo tingnan ang usapin, ang mga anticristo ay mga taong matigas na tumatangging umamin sa kanilang mga kamalian at mas gugustuhin pang mamatay kaysa magsisi. Ang mga anticristo ay mga walang kahihiyan at makakapal ang mukha na wala nang pag-asang matubos, at katulad lang sila ng mga buhay na Satanas. Gaano man kalaki ang mga pagkakamaling ginagawa nila sa loob ng iglesia, nagyayabang at taas-noo sila, lubos silang walang pakialam dito, naniniwalang wala silang nagawang mali at walang kahit katiting na intensyong magsisi. Hindi sila kailanman lumuha sa mga pagkakamaling nagawa nila, ni hindi sila kailanman nakaramdam ng anumang kalungkutan o pagsisisi dahil sa mga bagay na ito. Sa kabaligtaran, nakakaramdam sila ng kirot o lungkot kung hindi sinasadyang nalalantad nila ang kanilang sarili, na nagbibigay-daan na makita ng karamihan ng tao ang kanilang tunay na mukha at tanggihan sila. Pagkatapos nilang makagawa ng mga pagkakamali at magdulot ng pinsala ang mga ikinilos nila sa hinirang na mga tao ng Diyos at sa gawain ng iglesia, ang bawat salitang sinasabi nila at ang bawat bagay na ginagawa nila ay hindi para makabawi sa mga pagkakamaling ito o para maibalik ang mga nawala, sa halip ay nagkikimkim sila ng mga sarili nilang intensyon at nagbabalangkas ng anumang posibleng paraan para ipagtanggol ang sarili nila, para

magtanghal at magpalabas. Ang pakay nila ay para maipakita sa mas maraming tao na hindi sinasadya ang nagawa nila, at na naging pabaya lang sila saglit, para makamit nila ang kapatawaran ng mga ito, mapagsalita ang mga ito para sa kanila, at makamit ang tiwala at pabor ng hinirang na mga tao ng Diyos, at nang sa gayon ay makamtan ang layon nilang ganap na makabalik.

Pagkatapos mapungusan, ang ilang anticristo ay hindi nagninilay-nilay sa sarili nila para maunawaan kung bakit sila napungusan, para mahanap kung saan talaga naroon sa nalantad na usapin ang kanilang pagkakamali, at kung paano sila makababawi para dito sa hinaharap. Sa halip, sinasamantala nila ang pagpupungos sa kanila, nakikipagbahaginan sila sa iba tungkol sa kung paano nila tinanggap ang pagpupungos, kung paano sila natuto ng aral mula rito, kung paano nila nagawang magpasakop, at kung paano nila nakamit ang pagpapahalaga ng ang Itaas pagkatapos magkaroon ng mas malapit na pakikipag-ugnayan sa ang Itaas. Kasabay nito, nagpapanggap din ang mga anticristong ito sa pamamagitan ng pagbabahagi tungkol sa kung paano nila tinanggap ang pagpupungos para ipalaganap ang sarili nilang pagkadismaya at mga kuru-kuro tungkol sa ang Itaas, na nag-iiwan ng impresyon sa mga tao na walang mga prinsipyo ang ang Itaas sa pagpupungos sa mga tao, na nagpupungos ng mga tao ang ang Itaas nang basta-basta, at walang simpatiya, walang pagsasaalang-alang sa damdamin ng mga tao, at walang pagsasaalang-alang sa mga kahinaan ng tao, at na, sa kabila ng lahat ng ito, ganap pa rin silang nagpasakop, at nagawa pa rin nila ang kanilang buong makakaya sa gawaing napunta sa kanila, hindi sila naging negatibo, mahina o mapanlaban, ni hindi sila sumuko sa kanilang tungkulin. Kapag sinasabi ng isang anticristo ang lahat ng bagay na ito, hindi lamang nito bigong gawing magpasakop ang mga tao sa katotohanan at maging handang tanggapin ang pagpupungos, sa kabaligtaran, ginagawa nitong makabuo ang mga tao ng mga kuru-kuro at opinyon tungkol sa Diyos at nagiging mapagbantay laban sa Diyos, habang nabubuo ang inggit, paghanga, at paggalang para sa mga anticristo mismo. Sa sandaling mabuo ang dalawang resultang ito, ang mga pinakamatinding nakakaligtaan ng mga tao ay kung anong pagsalangsang ang nagawa ng anticristo, ano ang ginawa niyang mali, at ang katunayan na nagdulot siya ng kawalan para sa gawain ng iglesia, para sa sambahayan ng Diyos dahil wala siyang kapabilidad sa gawain niya at wala siyang pakundangang gumawa ng mga maling gawain. Ito ang isa sa mga taktika ng isang anticristo—ang gumawa ng huwad na ganting-pagpaparatang, at dahil doon ay nalilihis ang iba. Hindi niya kailanman binabanggit ang katunayan na nagdulot siya ng labis na problema sa gawain ng sambahayan ng Diyos, at ng gayong kalalaking kawalan sa buhay ng mga kapatid dahil naging pabaya siya sa tungkulin niya, dahil naging hangal at mangmang siya, dahil sinubukan niyang magtatag ng sarili niyang nagsasariling kaharian. Hindi niya kailanman inaamin o hinihimay ang mga bagay na ito, hindi niya kailanman binabanggit ang katunayan ng mga usaping ito, hindi niya kailanman binabanggit ang dahilan ng pagtanggali sa kanya, o kung bakit siya napungusan. Ang binabanggit lang niya ay kung paano siya

pinungusan ng ang Itaas, kung gaano kalupit ang pagpupungos ng ang Itaas, kung gaano katindi nagsalita sa kanya ang ang Itaas, kung gaano karami ang iniyak niya, kung paano ipinasa sa kanya ang sisi, at kung gaano siya nagdusa, kung paanong hindi siya sumuko gaya ng dati, patuloy na hindi pumapalya sa paggawa ng tungkulin niya. Mula simula hanggang wakas, nagkaroon man lang ba ang isang anticristo ng kahit katiting na saloobin ng pag-amin sa sarili niyang pagkakamali? Hindi. Kapag naririnig ito ng mga hangal at mangmang na tao na hindi alam ang tunay na sitwasyon, na hindi nauunawaan ang katotohanan, iniisip nila, “Walang anumang prinsipyo ang ang Itaas sa kung paano sila nagpupungos ng mga tao. Gaano man kaayos ginagawa ng isang tao ang kanyang gawain o gaano man siya nagbabayad ng halaga, pupungusan pa rin siya, at pagkatapos ay hindi siya puwedeng magpakita ng anumang kahinaan, kailangan lang niyang magpasakop.” Pagkatapos ng isang sesyon ng pakikipagbahaginan at paglilihis ng isang anticristo, at pagkatapos niyang magsikap nang husto sa paggawa ng mga bagay-bagay, ang nakakamtan niyang resulta ay ang magdulot ng maling pagkaunawa at ng pagiging mapagbantay laban sa Diyos sa puso ng mga tao, kaya kapag napungusan ang mga tao, lalo silang makakaramdam ng pagkasuklam at paglaban, sa halip na mas maunawaan ang puso ng Diyos o magawang masayang magpasakop at matanggap ang pagpupungos, kasunod ang malaman ang sarili nilang tiwaling disposisyon, ang kanilang kahangalan at kamangmangan, at malaman kung sino ba talaga sila. Sa kabuuan ng pakikipagbahaginanang ito ng anticristo, nabanggit man lang ba niya kung ano ang nagawa niyang mali? Nagpakita man lang ba siya ng kahit katiting na saloobin ng pag-amin ng kamalian niya? Wala kahit kaunti. Sa kabuuan ng proseso, hindi niya kailanman inaamin ang sarili niyang pagkakamali. Narinig na ba ninyo ang isang anticristo, na pagkatapos tanggalin, ay umaming nagdulot ng kawalan sa sambahayan ng Diyos ang kanyang pagkakamali? (Hindi.) Kung isang anticristo ang taong iyon, hindi niya ito aaminin. Napag-usapan na natin ang tungkol sa ilang anticristo dati, tulad ng “babaeng lider” na iyon at ilan pang ibang kilalang anticristo, kung saan ang mga ginawa nila ay nagbunga sa pagkawala ng daan-daang libo sa mga handog sa Diyos, pero sa huli ay hindi nila kailanman inamin na nakagawa sila ng anumang pagkakamali. Hindi sila bumigkas ng isang salita tungkol sa nagawa nilang mali, at sa halip ay walang ginawa kundi magreklamo kung paanong hindi nakipagtrabaho sa kanila ang iba. Ibinunton nila ang lahat ng pananagutan, ng kamalian, ng sisi sa ibang tao habang inaangkin ang papuri para sa lahat ng magandang bagay, sa anumang nagawang tama, at sa lahat ng tamang desisyon. Sa buong mga pangyayari, kahit na sila ang mga pangunahing taong namumuno, sinabi nilang ang ibang tao ang nakagawa ng lahat ng kamalian. Kung ganoon ang kaso, ano ang ginagawa nila? Nagdudulot ng mga kawalan sa sambahayan ng Diyos ang mga anticristo, at ibang mga tao ang dapat umako ng pananagutan para dito. Gayumpaman, sa tuwing may kaunting tagumpay, kaagad na lumilitaw ang mga anticristo, sinasabing sila ang gumawa nito, atat na atat na ipaalam sa lahat sa iglesia ang tungkol dito, pati nga sa mga walang pananampalataya. Kapag nakakagawa sila ng

kaliit-liitang pagkakamali, nagmamadali silang maghanap ng ibang mapagpapasahan ng sisi, para alisin sa kanila ang pananagutan. Pinagmumukha nilang tila maliliit na problema ang malalaking problema, at na tila hindi problema ang maliliit na problema, sinusubukang putulin ang anumang isyu habang pausbong pa lang ito. Ito ay para walang sinuman ang makaalam tungkol dito, at para kaagad na makalimutan ng lahat ang tungkol dito, at walang sinuman ang makaalam kung ano talaga ang nangyari, at nang sa gayon ay agad nilang mabawi ang pagpapahalaga ng iba, at mabilis na maibalik ang orihinal nilang katayuan at kapangyarihan. Kapag may ginawang mali ang isang anticristo, gaano man kapraktikal ang pagpupungos sa kanya ng mga tao o gaano man katumpak ito, siya ay magiging palaban, salungat at ganap na hindi tumatanggap, at kahit na mayroong mga saksi o ebidensiya, matigas siyang tatangging aminin ang mga pagkakamali niya, at hindi niya ito kikilalanin o tatanggapin sa kaibuturan ng puso niya. Sasabihin ng isang anticristo, “Kahit na mali ako rito, may ibang mga taong sangkot din. Bakit hindi sila pinupungusan, kundi ako lang? Bakit ako lang ang iniimbestigahan para papanagutin, at hindi ang iba pa?” Gaano man kaayon sa katotohanan at sa realidad ang pagpupungos, mararamdaman niyang naparatangan siya nang mali, na naagrabyado siya, na hindi siya dapat tratuhin sa ganoong paraan pagkatapos niyang labis na magdusa at magbayad ng maraming halaga, at na hindi siya dapat agad na punahin ng ganoon nang dahil lang sa isang maliit na pagkakamali. Naniniwala siyang hindi niya kailangang tanggapin ang ganoong uri ng pagpupungos. Kung isang ordinaryong kapatid ang nagpupungos sa kanya, kaagad niyang papalagan at lalabanan ito, mag-aalboroto at magpapakita ng init ng ulo o posible pa ngang mangahas na pagbuhatan ito ng kamay. Kung ang ang Itaas ang nagpupungos sa kanya, mabigat ang loob niya na mananahimik, pero pakiramdam niya sa loob-loob niya na masyado siyang naagrabyado. Hindi siya nasisiyahan at nag-aatubili siya, at madalas na magpapahayag ng mga baluktot na argumento, sinasabing, “Sa palagay ko, kapalaran ko lang talaga na nalaman ninyo ang tungkol dito. Sa totoo lang, marami sa mga lider sa lahat ng ranggo at sa mga kapatid ang nakagawa ng masasamang bagay na hindi ninyo alam, at ako ang nahuli. Ganoon ako kamalas!” Paano man siya pinupungusan ng ang Itaas o ng mga kapatid, hindi niya kayang tanggapin ito nang ganoon lang, hindi niya kayang aminin ang totoo sa usapin at akuin ang pananagutan. Para bang ang pag-ako sa pananagutan at sa kung ano ang talagang nangyari ay ikamamatay niya. Hindi niya kailanman aaminin na nakagawa siya ng mali, na siya ang responsable sa usapin, lalong hindi niya aaminin na nagdulot ito ng malaking kawalan sa sambahayan ng Diyos. Hindi ba’t ito ay disposisyon ng isang anticristo? (Oo.) Disposisyon ito ng isang anticristo.

Pagkatapos na mapungusan ang isang anticristo dahil sa paggawa ng isang bagay na mali, hindi niya ito tinatanggap at hindi siya nagpapasakop mula sa kaibuturan ng kanyang puso, ni hindi niya nauunawaan ang katotohanan at ang mga katotohanang prinsipyo na dapat niyang sundin mula rito, hindi rin niya inaamin na may kapabilidad siyang gumawa ng mali. Ang pangunahing katangian niya ay ang hindi pagiging

kumbinsido, hindi tumatanggap, at hindi umaamin. Umaasal sa ganitong paraan ang mga anticristo dahil naniniwala sila na mga perpektong tao sila, na hindi sila nagkakamali. Para sa kanila, ang sinumang nagpapatang sa kanila na gumagawa sila ng kamalian ay ang siyang mali—ang taong iyon ang may maling pananaw, ang nagkikimkim ng naiibang perspektiba at paninindigan sa usapin. Iniisip ng mga anticristo na sinumang nagpupungos sa kanila ay ginagawa ito dahil hindi pa nakikita ng mga ito ang mga kalakasan nila, na pinapahirap ng mga ito ang mga bagay-bagay para sa kanila, hinahanapan sila ng mali, at sadyang pinupuntirya sila. Hindi ba't ito ang uri ng disposisyon na mayroon ang isang anticristo? (Oo.) Hindi tatanggapin ng isang anticristo ang mapungusan dahil dito, ni hindi rin siya magkakaroon ng anumang pagsisisi, higit sa lahat dahil hindi niya kailanman nakita ang sarili niya bilang isang taong makakagawa ng mga pagkakamali—naniniwala siyang perpekto siya, at na siya lang ang hindi makakagawa ng mga pagkakamali. Ipinapahiwatig nito na talagang naniniwala siya na matuwid siya, na siya ay isang santo. Kung talagang aaminin niya na isa siyang tiwaling tao, dapat niyang aminin na nagtataglay siya ng katiwalian, na maaari niyang magawa nang mali ang mga bagay-bagay, at na dahil siya ay tao, tiyak na makakagawa siya ng mga kamalian. May ilang tao na mukhang totoo, pero mayroong isang bagay sa kaibuturan ng pagkatao nila na sa mga kuru-kuro ng mga tao ay lakas nila, ito ang pagiging mapagkompetensiya at ang matinding determinasyon na mahigitan ang iba. May mahusay na pagtitimpi ang mga taong ito, at may napakataas na mga hinihingi sa sarili nila. Napakaistrikto nila sa sarili nila; sa lahat ng ginagawa nila, pagiging perpekto at ang pinakamahusay ang hinihingi nila, nang hindi pinahihintulutan ang pinakamaliit na kapintasan o kamalian. Kasabay nito, hindi nila namamalayan na naniniwala silang hindi sila makakagawa ng mali, dahil labis silang maingat sa lahat ng ginagawa nila, magaling sila sa pag-iisip ng mga bagay-bagay, at ginagawa nila ito nang lubus-lubusan; ginagawa nila ang lahat ng bagay nang walang anumang mga kapintasan, habang lubusan at perpektong isinasaalang-alang ang bawat bagay. Dahil dito, naniniwala sila na hindi sila kailanman magkakamali. Kapag napungusan sila, ang pinakamahirap tanggapin para sa kanila ay ang katunayang may kapabilidad silang gumawa ng kamalian. Ito ang dahilan kung bakit hindi alam ng gayong mga tao kung paano pagnilay-nilayan ang sarili nila, ni hindi rin nila ito gagawin kahit kailan. Nakikita nila bilang mga positibong bagay sa kanilang pagkatao ang pagiging mapagkompetensiya at ang determinasyon na mahigitan ang iba, at sinusunod nila ang mga ito na parang mga katotohanang prinsipyo; iniisip nila na kung gagawin nila ang mga bagay-bagay at gagampanan ang tungkulin nila batay sa mga prinsipyong ito, hindi sila kailanman magkakamali, at kahit na may mangyaring mga pagkakamali, nakikita nila ito bilang usapin ng perspektiba, bilang mga taong may magkakaibang pananaw, at iniisip na tiyak na hindi ito nangangahulugang mali ang ginawa nila. Samakatwid, hindi mahalaga kung sino ang nagpupungos sa kanila, kung ang pagpupungos o kung ang nalantad ay nakaayon sa mga katunayan—hindi nila ito tatanggapin. Kung malalaman nila na

talagang nakagawa sila ng mali, aaminin ba nila ito? (Hindi.) Hindi nila ito aaminin, agad silang mananahimik, at sila ang huling taong magbabanggit nito. Hinding-hindi nila ito babanggitin. Kung makakatagpo ang isang anticristo ng isang taong maglalantad ng ilang kamalian o kapintasan sa gawain niya, at makikita niya na hindi siya makakapagtago rito, magkukunwari siyang patuloy na hinahanap kung sino ang nagkamali, at hindi inaasahan na pagkatapos maghanap nang maghanap, natuklasan na siya ang responsable. Kung may isang taong magsasabi, “Ikaw ang nakagawa nito, hindi ibang tao; nakalimutan mo lang ang tungkol dito,” paano ito sasagutin ng isang anticristo? Ano ang dapat gawin ng isang normal na tao sa ganitong mga sitwasyon? Ang isang normal na taong may kahihyan ay mamumula ang mukha, makakaramdam ng kahihyan at maiilang, at kaagad na aaminin ito, sinasabing, “Nakalimutan ko ang tungkol doon. Ako ang gumawa nito, pagkakamali ko ito. Alamin natin agad kung paano makakabawi rito at paano aayusin ang mga bagay-bagay, para hindi na magpatuloy ang mali.” Kaagad na aamin ang isang taong may kahihyan, konsensiya, at katwiran ng kanyang pagkakamali, pagkatapos ay lulutasin at aayusin ito. Sa kabilang banda, ang isang anticristo ay walang kahihyan; sa sandaling matuklasan ng isang tao na siya ang nakagawa ng pagkakamali, sa sandaling ilantad siya at nalaman ng isang tao ang tungkol dito, agad siyang magbabago ng tono at mag-iisip ng iba’t ibang paraan para maiwasang umamin sa pagkakamali niya, para maiwasang tanggapin na siya ang nakagawa ng pagkakamaling iyon—magsasabi siya ng mga lantarang kasinungalingan at mangangatwiran. Nakakahiya at nakakailang ang tingin dito ng lahat ng nakapaligid sa kanya, pero walang anumang mararamdaman ang anticristo. Pagmumukhain niyang parang maliliit na problema ang malalaking problema, at gagawing parang hindi problema ang maliliit na problema, pagkatapos ay hindi na kailanman babanggiting muli ang usapin. Sa usaping ito, nabunyag ang kahangalan niya, kaya lantaran niyang itatanggi ang pagkakamali niya at magsisinungaling sa harap ng maraming tao, susubukang iwasan ang pananagutan, nang hindi namumula ang mukha niya dahil sa kahihyan, at nang hindi dinadaga ang dibdib niya. May kahihyan man lang ba ang mga anticristo? (Wala.)

Kapag kakatanggal pa lang sa ilang anticristo, puno sila ng mga hinaing; nakakaramdam sila ng kawalan, na wala na silang katayuan, na wala nang nagpapahalaga o nagsisilbi sa kanila, at na hindi na nila matatamasa pa ang mga pakinabang ng katayuan. Pakiramdam nila na ang lahat ng mga halagang ibinayad nila at ang lahat ng mga nakaraang pagdurusa nila ay hindi naging sulit, at puno ang puso nila ng pakiramdam ng kawalan ng katarungan. Gayumpaman, hindi sila nakakaranas ng katiting na pagkakonsensiya para sa mga pagpapamalas na ipinakita nila nang sila ay napungusan o para sa anumang ginawa nilang mali. Pakiramdam nila ay hindi ito patas, puno ang puso nila ng mga hinaing at mga reklamo, pati na rin ng mga maling pagkaunawa tungkol sa Diyos. Bukod sa tumatanggi silang aminin ang pagkakamali nila at walang planong bumawi para sa kamalian nila, o para tanggapin ang pagpupungos, para tanggapin ang pagtatanggal na ito, bagkus, iniisip nila: “Hindi matuwid ang diyos. Gaano man nagdusa

ang isang tao o gaano man katindi ang kawalan ng katarungan na dinanas niya, wala siyang pagkakataong isalaysay ito. Napakasakit nito! Kahit ang diyos ay hindi maaasahan, wala akong sinumang masasandalan. Kahit na magpatuloy ako sa paggawa ng tungkulin sa sambahayan ng diyos sa hinaharap, kailangan kong magpatuloy nang may labis na pag-iingat, at walang sinuman ang mapagkakatiwalaan.” Puno sila ng pagdedepensa at maling pagkaunawa tungkol sa Diyos. Anong uri ng disposisyon ito? Gaano man karami ang mga nagawa nilang pagkakamali, gaano man kalaki ang kawalan na idinulot nila sa gawain ng iglesia, o kung gaano nila inilagay sa panganib ang gawain ng iglesia, iniisip nila na puwedeng basta na lang hindi pansinin ang mga bagay na ito, at hindi nila aakuin ang anumang pananagutan o aaminin ang anumang pagkakamali sa panig nila. Sa halip, palalakihin nila nang husto ang anumang katiting na hinaing na mayroon sila, ang anumang maliit, walang kuwentang halaga na ibinayad nila, at palalakihin ito nang sobra, naniniwalang ang sambahayan ng Diyos ang bumigo sa kanila at na nagkamali ang Diyos sa pag-akusa sa kanila. Ang idinulot na kawalan ng kanilang pagkakamali sa sambahayan ng Diyos ay ganap na walang kabuluhan sa mga isipan nila. Iniisip nila, “Hindi kailangang kalkulahan iyon, o mag-abala tungkol dito. Sino ang magsasabing kawalan iyon? Tatal, sinong lider ang hindi nagwawaldas ng kaunting handog? Paanong ako lang? Sinong lider ang hindi man lang nakapagdulot ng anumang kawalan sa sambahayan ng diyos? Ano ang mga handog sa diyos? Pagmamay-ari ng lahat ang perang iyon, kaya kung pinahihintulutan ang ibang tao na gastusin ito, bakit hindi ako? Pinahihintulutan ang ibang tao na waldas in ito, pero ako hindi? Kung pag-uusapan natin ang mga kawalan na idinulot sa sambahayan ng diyos, mas maraming naidulot ang iba kaysa sa akin. Bakit ako lang mag-isa ang labis na pinupungusan at tinatanggal? Tungkol naman sa hindi pagkilos nang naaayon sa mga prinsipyo pero walang pakundangan na gumagawa ng mga maling gawain, mas malala kaysa sa akin ang ilang tao pagdating sa bagay na iyon, kaya bakit hindi sila tinatanggal nang sila ay pinungusan? Pagdating sa pagbabayad ng halaga, mas malaki ang ibinayad ko kaysa sa karamihan ng tao. Pagdating naman sa sinseridad, kaninong sinseridad ang maaaring ikumpara sa akin? Paano naman ang mga sermon? Mas marami akong naisermon kaysa sa sinumang iba pa. At tungkol naman sa pag-unawa sa katotohanan, sino ang nakakaunawa nito nang tulad ng sa akin? Pagdating sa pagtanggap sa pagpungos ng ang Itaas, sino ang tumatanggap nito nang higit kaysa sa pagtanggap ko? Sa usapin ng pagtalikod, sino ang mas maraming tinalikuran kaysa sa akin? Tungkol naman sa pagtulong sa mga kapatid at paglutas sa mga problema nila, sino ang higit na gumagawa niyon kaysa sa akin? Pagdating sa pagiging abala at paggawa sa iglesia, walang makakapantay sa akin. Pagdating sa kung sino ang ibinoboto ng mga kapatid, sinusuportahan at ineendorso, sino ang nakakakuha ng mas maraming boto kaysa sa akin?” Nakita mo, ito ang mga pagkukumparang ginagawa ng mga anticristo. Kapag kakaharap pa lang nila sa pagpungos, nagsasalita lang ang mga anticristo tungkol sa mga nauugnay na usapin. Kung aaminin mo ang lahat ng nagawa mong pagkakamali at ang lahat ng mga

katotohanang prinsipyo na nilabag mo, kung kaya mong tumanggap at magpasakop sa pagpupungos, kung kumilos ka batay sa mga prinsipyo mula noon, at ginawa ang lahat ng makakaya mo para makabawi sa mga kawalang idinulot mo sa gawain ng iglesia, patuloy pa bang susuriin ng sambahayan ng Diyos ang mga isyu mo? Kokondenahin ka ba nito? Iwawaksi ka ba nito papunta sa impiyerno? Kailangan mo bang magsikap nang husto sa pagpapaliwanag ng sarili mo at sa paggawa ng mga palusot? Kailangan mo ba na patuloy na magreklamo tungkol sa mga hinaing mo sa ganitong paligoy-ligoy na paraan? Maaari nga kayang wala kang tiwaling disposisyon at hindi makagagawa ng mga kamalian? Pagkatapos makapakinig sa napakaraming sermon, wala ka pa rin bang ideya kung anong uri ka ba talaga ng tao? Pagkatapos mapungusan nang kaunti, pakiramdam mo ay naagrabyado ka—kung wala kang ginawang anumang masama, sino ang papayag o gugustuhing pungusan ka? Bukod pa rito, kung hindi ka lider, na may pasaning responsabilidad, sino ang gugustuhing pungusan ka? Ipinagkakaloob ng Diyos sa mga tao ang karapatang pumili nang malaya, pinahihintulutan silang ipamuhay ang buhay iglesia, at tungkol sa kung anong landas ang tinatahak ng mga tao at kung ano ang hinahangad nila, desisyon nila iyon. Walang makikialam dito. Pero sa ngayon, bilang isang lider sa sambahayan ng Diyos, isang superbisor, kapag nagkamali ka, ang mga kawalan na idinudulot nito sa sambahayan ng Diyos ay hindi magiging maliit na isyu, at kapag may nasabi kang mali, ang epekto nito sa hinirang na mga tao ng Diyos ay hindi rin magiging maliit na isyu, dahil ang pasan mong responsabilidad ay iba kaysa sa ordinaryong tao. Kaya ganap na normal lang na pungusan ka ng ang Itaas. Gagawin ba iyon ng ang Itaas kung wala ka ng katayuang ito o hindi mo inako ang responsabilidad na ito? Ilang regular na mananampalataya ang napungusan na ng ang Itaas? Dahil may pasan kang malaking responsabilidad, at napakalawak din ng saklaw ng gawain mo, sa tuwing magkakamali ka, napakalaki ng epekto, at kaya tiyak na mapupungusan ka. Napakanormal nito. Kung hindi mo kayang tanggapin kahit ang mapungusan, kalipikado ka ba na maging lider? Hindi ka kalipikado para doon, hindi ka kalipikado para ihalal ng mga kapatid—hindi ka karapat-dapat dito! Kapag nagkakamali ka, wala ka man lang lakas ng loob na akuin ang pananagutan para dito, para aminin ito. Wala ka man lang gayong katwiran, kaya paano ka magiging lider? Hindi ka kalipikado at hindi karapat-dapat!

Dahil mismo ito sa pagtataglay nila ng diwa ng mga anticristo kung kaya hindi kayang umamin ng mga anticristo na nagkamali sila, at kaya kapag sila ay napungusan, ayaw nilang akuin ang pananagutan o hanapin ang mga katotohanang prinsipyo. Yamang ayaw nilang gawin ang mga bagay na ito, at tumatanggi silang aminin ang kamalian nila, naisasagawa ba nila ang katotohanan? Nagagawa ba nilang isakatuparan ang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos? Talagang hindi. Samakatwid, kapag lider ang isang anticristo, bukod sa pagsasagawa ng sarili niyang proyekto, wala siyang anumang maaaring magawa na makikinabang ang gawain ng sambahayan ng Diyos, at hindi siya kailanman gagawa ng mga bagay na naaayon sa mga katotohanang prinsipyo,

ni hindi niya isasakatuparan ang gawain nang naaayon sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos. Napungusan man ang isang anticristo para sa maliit na pagkakamali, o para sa matinding pagkakamali na nagdulot ng malaking kawalan sa gawain ng iglesia, hindi niya kayang aminin ang pagkakamali niya, at hindi niya kayang aminin na nakagawa siya ng pagsalangsang at na may utang siya sa Diyos sa usaping ito. Sa kabaligtaran, kahit kailan, mas gugustuhin pa niyang mamatay kaysa aminin na may kinalaman siya sa mga kawalang idinulot nito, at hindi niya aaminin na siya ang may pangunahing pananagutan, na mali ang mga ikinilos niya, na pinili niya ang maling landas, o aminin ang pagkakamali niya ng sadyang paggawa ng masama kahit na alam na alam niya ang katotohanan, lalong hindi niya aaminin na mayroon siyang hindi maiiwasang pananagutan sa usaping ito. Hindi niya aaminin na mayroon siyang mga maling intensyon noong siya ay kumilos, na hindi siya nakipagtulungan sa sinuman, na kumilos siya nang basta-basta at nang sinasadya, na nagpakasasa siya sa mga pakinabang ng katayuan, na naging pabaya siya sa tungkulin niya at nagdulot ng mga kawalan sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Sa halip, pagkatapos niyang magkamali, magpapaliwanag siya sa bawat pagkakataon kung gaano siya nagdusa, na nakulong siya pero kailanman ay hindi naging Huday, kung gaano kalaking halaga ang binayaran niya at kung gaano kalaki ang iniambag niya sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Ikakalat at ipapahayag niya ang mga ito sa lahat ng dako. Bukod sa pagsasapubliko ng mga ambag niya at ng halagang ibinayad niya, ipapakalat din niya na mali at hindi patas ang sambahayan ng Diyos sa pagpupungos sa kanya, at sa paraan ng pagtrato nito sa kanya. Bukod sa kawalan ng saloobin ng pagsisisi, huhusgahan niya ang Diyos at kung paano siya pinangasiwaan ng sambahayan ng Diyos sa kung saan-saang lugar. Kung mas maraming tao ang maniniwala sa sinasabi niya, kung mas maraming tao ang susubukang ipagtanggol siya, aminin at tatanggapin ang halagang ibinayad niya para sa sambahayan ng Diyos, at maniniwalang hindi patas at naagrabyado ng sambahayan ng Diyos ang anticristo sa pagtrato nito sa kanya, nakamit na ng anticristo ang layon niya. Hindi siya kailanman mag-aalinlangan sa paggawa ng mga bagay na ito, lalong hindi pipigilan ang sarili niya. Wala siyang pusong takot sa Diyos, lalong walang anumang intensyon na magsisi. Pagkatapos niyang makagawa ng pagkakamali, hindi lang siya tumatangging aminin ito, bagkus, sinusubukan niyang umiwas sa pananagutan, at kasabay nito, mas inaalala niya ang hantungan niya sa hinaharap. Kapag nakikita ng isang anticristo na nasasailalim sa banta ang hantungan niya, o naririnig na hindi na lilinangin ng sambahayan ng Diyos ang mga taong tulad niya, lalo pa siyang makakaramdam ng pagkamuhi sa kaibuturan ng puso niya sa mga taong nagpungos at naglantad sa kanya, at sa mga taong nagdulot ng kahihiyan sa kanya. Sa kabuuan ng proseso ng pagpupungos sa kanya, hindi talaga magsisisi ang isang anticristo. Kung talagang malalaman niya na hindi masisiguro ang katayuan at hantungan niya, na hindi kailanman maisasakatuparan ang mga pagnanais at ambisyon niya, magsisimula na siyang kumilos nang marahas, at magsisimula na siyang palihim na ikalat ang mga

kuru-kuro at pagiging negatibo niya. Huhusgahan niya ang mga kapatid o ang matataas na lider na nagpungos sa kanya, at huhusgahan at babatikusin din niya ang taong ginamit ng Banal na Espiritu, sasabihing wala itong katwiran para pungusan siya, na hindi nito pinahintulutang maiwasan man lang niya ang kahihiyan. Sadyang hindi siya makatwiran. Ang ganitong uri ng tao ay hindi nakakaunawa sa katotohanan, o walang kahit na katiting na may-takot-sa-Diyos na puso, gaano man karaming sermon ang naririnig niya; hindi niya kayang taglayin kahit na ang konsensiya at katwiran na dapat na mayroon siya, gaano man siya katagal nang nananampalataya sa Diyos. Talagang kaawa-awa at kasuklam-suklam siya! Mula sa sandaling napungusan nang matindi ang isang anticristo dahil sa walang pakundangan na paggawa nito ng mga mali, hindi niya kailanman inaamin na may ginawa siyang anumang mali, at puno rin siya ng pakiramdam ng kawalan ng katarungan habang nagrereklamo siya at hinuhusgahan niya ang sambahayan ng Diyos sa pagiging hindi patas sa kanya, at sa wakas ay sinisimulan niyang lantarang ipagkalat ang mga kuru-kuro niya, kumikilos ng marahas at nagpoprotesta laban sa sambahayan ng Diyos, at sa huli ay napatalsik siya. Mayroon bang katiting na normal na pagkatao sa loob ng pag-uugali ng anticristo sa alinman sa mga yugtong ito? Sa konsensiya at katwiran kaya? Mayroon man lang bang anumang pagpapamalas ng pagmamahal sa katotohanan at mga positibong bagay? Mayroon ba siyang kahit katiting na may-takot-sa-Diyos na puso? Wala, wala sa mga bagay na ito ang makikita sa kanya. Ang isang anticristo ay labis na nakakasuklam, walang kahihiyan, at lubos na hindi makatwiran! Kapag hindi na niya matatamasa ang mga pakinabang ng katayuan, itinuturing niya ang sarili niya na walang pag-asa at nagsisimulang kumilos nang walang pakundangan. Gaano man siya kawalang-kakayahan at kawalang-kapabilidad sa gawain niya, gusto pa rin niyang matamasa ang mga pakinabang ng katayuan at ang pagpapahalaga ng iba. Mas mahalaga ang tingin niya sa katayuan at reputasyon kaysa sa buhay niya, at gaano man kalaki ang nagawa niyang pagkakamali, hindi talaga siya nakakaramdam ng anumang pagkakonsensiya. Tao pa ba siya? Isa siyang lobo na nakadamit ng tupa. Sa panlabas, suot niya ang balat ng tao at mukha siyang tao, pero sa loob, hindi siya tao. Talagang nakakapoot siya—nakakasuka at nakakasuklam siya!

B. Tumatangging Aminin na Mayroon Silang Tiwaling Disposisyon

Kapag napungusan ang isang anticristo, bukod sa hindi siya nagsisisi, nagkakalat din siya ng mga kuru-kuro at lantarang nanghuhusga. Ang unang pangunahing dahilan nito ay na tumatanggi siyang aminin na may nagawa siyang mali. Ano ang pangalawang dahilan? Ito ay ang pagtangging aminin ng isang anticristo na may tiwaling disposisyon siya. Hindi ba't mas seryoso at mas kongkreto ito kaysa sa pagtangging aminin na may nagawa siyang mali? Ang pinakamababang kaalaman na dapat taglayin ng sinumang tumatanggap ng gawain ng Diyos, na tumatanggap ng paghatol at pagkastigo ng Diyos, ay ang aminin muna na tiwali ang mga tao, na ginawa silang tiwali ni Satanas, na wala

silang katwiran at pagkatao, hindi nagtataglay ng katotohanan o hindi nakikilala ang Diyos, at sila iyong mga nilalabanan ang Diyos. Tanging mga anticristo ang hindi kailanman aamin na masyadong malalim ang pagiging tiwali nila, at na ang lahat ng tiwaling tao ay kay Satanas, lalong hindi nila kailanman aaminin na sila mismo ay mga diyablo at Satanas. Sa partikular, sa mga oras na karamihan ng tao ay nagagawang magnilay-nilay, kilalanin ang sarili nila, at tanggapin ang pagpupungos, ni hindi nga kayang aminin ng mga anticristo na may tiwaling disposisyon sila—seryosong problema ito. Bakit Ko nasabing seryoso ito? Dahil walang kapabilidad ang mga anticristo na aminin ang katotohanan at hindi sila naniniwalang ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan, tumatanggi silang tanggapin ang anumang bagay na sinabi sa mga salita ng Diyos mula sa kaibuturan ng puso nila. Sinasabi ng ilang tao, “Paano Mo nasabing tumatanggi silang tanggapin iyon? Inamin nila na sila ay mga diyablo at Satanas, na sila ay mga kaaway ng Diyos.” Paano nabibilang iyon na pag-amin? Kahit ang isang walang pananampalataya ay maaaring magsabi na hindi siya mabuting tao, pero mabibilang ba iyon na pag-amin sa pagkakaroon ng tiwaling disposisyon? Hindi. Ang tunay na pag-amin sa pagkakaroon ng isang tiwaling disposisyon ay nangangahulugan ng pagkilala muna kung anong uri ka ng tao. Nangangahulugan din ito na nagagawa mong iugnay ang sarili mo sa iba’t ibang tiwaling disposisyon na inilarawan ng Diyos sa iba’t ibang antas, at higit pang aminin ang iba’t ibang tiwaling disposisyon na ibinubunyag mo habang nasa iba’t ibang kalagayan. Hindi ba’t ilang kongkretong pagpapamalas ang mga ito? (Oo.) Pero hindi tinataglay ng isang anticristo ang mga bagay na ito, dahil hindi niya kinikilala ang mga salita ng Diyos—sa halip ay hinahamak niya ang mga ito. Kaya nakikinig lang siya sa mga salita ng Diyos na naglalantad sa mga tiwaling disposisyon ng sangkatauhan, at iyon lang; hindi niya kailanman pinagninilayan, hinihimay, o ikinukumpara ang sarili niya sa mga salitang ito sa kaibuturan ng puso niya. Sa madaling salita, hindi niya hinihimay at ikinukumpara ang kanyang iba’t ibang pagpapamalas, intensyon, kaisipan, at perspektiba ayon sa mga salitang ito ng Diyos; hindi talaga niya ginagawa ang mga bagay na ito. Ano ang ipinahihiwatig ng hindi niya paggawa ng mga bagay na ito? Ipinahihiwatig nito na para sa kanya, ang mga salitang ito na sinabi ng Diyos ay isang paraan lang ng pagsasabi ng mga bagay-bagay, ibang perspektiba—naiibang paraan lang ang mga ito ng paglalarawan ng mga disposisyon, personalidad, kaugalian, at diwa, hindi sukatan ang mga ito ng pagtukoy sa mga disposisyon ng tao sa anumang paraan. Ito ay isang tumpak na paraan ng paglalarawan kung paanong hindi itinuturing ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan. Mayroon lang ang mga anticristo ng tinatayang pagkaunawa sa isipan nila ng paglalantad ng Diyos sa iba’t ibang tiwaling disposisyon ng sangkatauhan, pero hindi nila kailanman tinatanggap ang mga ito sa kaibuturan ng puso nila. Dahil hindi nila ito tinatanggap, kapag may nangyayari sa kanila, nagagawa ba nilang gamitin ang mga salita ng Diyos para pigilin ang disposisyon nila, baguhin ang mga kaugalian nila, at lutasin ang mga maling perspektiba nila? Tiyak na hindi. Hindi tinatanggap ng mga

anticristo ang katotohanan, na nangangahulugang hindi nila inaamin na may tiwaling disposisyon sila. Halimbawa na lang ang pagmamataas—sinasabi ng mga salita ng Diyos na naglalandad sa disposisyong ito ang ilan sa mga paraan na ito ay napapamalas at nabubunyag sa tao. Titimbangin ng isang taong naghahangad sa katotohanan at kumikilala na ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan ang sarili niyang pag-uugali at disposisyon batay sa mga salitang ito ng Diyos. Paulit-ulit niyang titimbangin ang mga bagay na ito, at pagkatapos ay aaminin: “May mapagmataas akong disposisyon. Ito ang disposisyong ibinunyag ko nang gawin ko ito. Ang mga kaisipan, pagkilos, at saloobin kong ito ay mapagmataas. Ang mga paraang ito na mayroon ako ng pagtrato sa iba, paggawa ng gawain ko, at pagharap sa tungkulin ko ay mapagmataas.” Hindi ba’t pagkilala iyon na ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan? (Oo.) Nakikita niya ang mga salita ng Diyos bilang ang pamantayan, at ginagamit niya ito para ikumpara sa sarili niyang pag-uugali, at kapag nakakita siya ng kaugnayan, hindi namamalayang inaamin niya na may tiwaling disposisyon siya, na ang lahat ng sinasabi ng Diyos ay totoo, at hindi talaga huwad. Sa ngayon, huwag muna nating pag-usapan kung magagamit ba ng mga tao ang mga salita ng Diyos para malutas ang kanilang tiwaling disposisyon pagkatapos nilang aaminin na mayroon sila nito. Una, pag-usapan lang muna natin kung inaamin ba ng mga tao na may tiwaling disposisyon sila. Pagdating sa pag-amin, karamihan ng taong nagtataglay ng pagkamakatwiran, konsensiya at normal na pag-iisip ay makakapagkamit ng kaliwanagan at pagtanggap mula sa salita ng Diyos, at pagkatapos, hindi namamalayang tatanggapin at sasabihin ang “Amen” sa mga salita ng Diyos, kikilalanin na ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan, at sa gayon ay aaminin na sila ay tiwaling tao at na mayroon silang mga tiwaling disposisyon, at pagkatapos ay yumuyuko sa harap ng Diyos. Sa sandaling inamin nila na may tiwaling disposisyon sila, magkakaroon sila ng tama at naaangkop na saloobin sa Diyos, sa katotohanan, at partikular sa pagpupungos. Ibig sabihin, habang inaamin na may tiwaling disposisyon sila, kapag pinungusan sila ay magagawa nilang magpasakop mula sa puso sa pagpupungos na ito nang hindi sinasadya at hindi namamalayan, at magiging handa silang tanggapin ito. Mayroon pa ngang ilang tao na umaasam na pigilin at disiplinahan sila ng iba sa pamamagitan ng pagpupungos, at napakanatural na nakakabuo sila ng mga positibong damdamin sa pagpupungos; mayroon silang positibong saloobin dito. Normal na mga tao ang mga ito. Ang tanging mga hindi normal na tao ay ang mga anticristo; hindi tinatanggap ng gayong mga tao ang mga salita ng Diyos, madalas nilang sinisinghalan nang may halong pag-aalipusta ang mga ito, at nilalabanan, hinuhusgahan at kinokondena ang mga ito sa puso nila. Samakatwid, mayroon silang parehong saloobin sa paglalandad at paglalarawan ng Diyos sa mga tiwaling disposisyon ng tao. Anong saloobin iyon? Halimbawa na lang, sinasabi ng Diyos na may mapagmataas na disposisyon ang mga tao, at sinasabi ang tungkol sa mga partikular na pagpapamalas nito. Kapag naririnig ng isang anticristo ang mga partikular na pagpapamalas na ito, hindi lang niya basta tinatanggihang tanggapin ito, sa halip ay umaabot siya sa panghahamak sa mga partikular na pagpapamalas na ito na tinutukoy ng Diyos. Bakit niya gagawin iyon?

Dahil sinusunod niya ang lohika ni Satanas, ibig sabihin, ang saloobin ni Satanas sa katotohanan at sa mga positibong bagay. Sinasabi niya, “Tinatawag mo itong pagmamataas, pero sa mga may kapabilidad, sino ba ang hindi mapagpakitang-gilas? Sa mga taong may talento sa pamumuno, sino ba ang hindi nagsasalita sa paraang kapita-pitagan? Sa mga taong may katayuan, sino ba ang hindi medyo mapagpakitang-gilas? Wala sa mga bagay na ito ang mahalaga. Ang lahat ng bagay na ito ay ganap na normal sa mundong walang pananampalataya, pero dito pinalalaki ninyong lahat ang isang maliit na bagay. Isa pa, ang pagkilos ba nang hindi sinasabi sa iba ang mga bagay-bagay ay talagang maibibilang na pagmamataas? Iyon ba ay talagang pagkakaroon ng sariling batas? Ang mga taong may kapabilidad ang dapat na nagdedesisyon, at ang magawang i-monopolisa ang kapangyarihan ay tinatawag na pagiging mahusay. Ano ang saysay ng pagtalakay ng mga bagay-bagay sa inyong mga ordinaryong tao? Ano ba ang alam ninyo? Kaya, hindi ako nagyayabang, mahusay at may kapabilidad lang ako. Tinatawag itong may abilidad sa pamumuno, at isa itong likas na talento. Mayroon akong gayong napakahusay na likas na kapabilidad, kaya kong gawin ang kahit ano. Anuman ang sitwasyon o sa anumang grupo ako kasama, kaya kong mamahala—ito ay pagiging isang indibidwal na may talento! Hindi dapat tapakan, ni ilantad ang mga indibidwal na may talento. Sa halip, sa anumang grupo sila kasama, dapat silang irekomenda, itaas, at bigyan ng mahahalagang papel! Dahil sila ay may kapabilidad, mga may talentong indibidwal na may mga abilidad sa pamumuno, dapat na may asal sila ng isang lider, ng isang pinuno. Kung ibabaon nila ang mga bagay na ito, hindi ba’t pagpapanggap iyon?” Ginagamit niya ang mga baluktot na pangangatwiran na ito at ang mga maling paniniwalang ito para husgahan at kondenahin ang paglalantad ng Diyos ng mapagmataas na disposisyon, kaya anuman ang sabihin mo, hindi niya kailanman aaminin ang iba’t ibang pagpapamalas ng mga tiwaling disposisyon na inilarawan at tinukoy ng Diyos. Iniisip niya, “Ang sinabi ng diyos ay isang paraan lang ng pagsasabi ng mga bagay-bagay. Ito ay medyo positibo, ortodokso, at tradisyonal, pero hindi ito matutukoy bilang katotohanan. Nababagay lang ito sa ilang tao. Halimbawa, may ilang tao na medyo totoo, at wala silang anumang talento, ni hindi rin sila masyadong mahusay o matalino, at higit pa rito, wala rin silang anumang abilidad sa pamumuno. Kung wala silang naaangkop na katuwang, kailangan nilang kumonsulta sa iba kapag kumikilos, at kung hindi, hindi nila kayang pasanin ang gawain nila—ito ang uri ng tao na naaangkop sa mga salita ng diyos.” Ang mga argumentong tulad nito ay mga satanikong maling paniniwala at panlilinlang lahat.

Kailanman ay hindi naniniwala ang mga anticristo na ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan, kaya kahit kailan nila marinig ang mga ito, nagpapabasta-basta lang sila; katulad lang sila ng mga Pariseo, ginagamit ang mga salita ng Diyos para magpakitang-tao. Hindi nila tinatanggap ang mga ito sa kaibuturan ng puso nila o ginagawang buhay nila ang mga salita ng Diyos at ang layon para sa pagsasagawa nila. Kaya, kapag nakakagawa ng pagkakamali ang isang anticristo, hindi niya aaminin na may nagawa siyang mali kapag pinupungusan at inilalantad mo siya dahil dito, lalong hindi niya

tatanggapin ito kapag pinungusan mo siya kaugnay sa disposisyon at diwa na ibinunyag niya sa usaping iyon. Tulad lang ng pagtangga niya na amining nakagawa siya ng mali, kapag nagbubunyag ang isang anticristo ng tiwaling disposisyon, palagi siyang may ilang dahilan, ilang palusot, ilang paliwanag para itangga na may tiwaling disposisyon siya. Halimbawa, kapag nagbunyag siya ng isang mapagmataas na disposisyon sa isang partikular na usapin, sinasabi niya na nagmamadali siya, na mali ang mga nasabi niya at na nakapagtaas siya nang kaunti ng boses niya. Kapag sinabi ng isang tao na naging mapanlinlang siya sa isa pang usapin at hindi naging hayag, sinasabi niya na karamihan ng tao ay may mahinang kakayahan, kaya kung sinabi niya kung ano ang nangyayari, hindi siya mauunawaan ng iba, at magkakamali sila ng pagkaunawa sa kung ano ang sinabi niya, at kaya hindi siya naging hayag. Anumang tiwaling disposisyon ang ibinubunyag niya, palagi siyang nakakahanap ng mga palusot at paliwanag. Sa kabuuan, anuman ang tiwaling disposisyon na ibinubunyag niya, gaano man kahalata o kaseryoso ito, hindi niya kailanman aaminin na isang tiwaling disposisyon ito. Madalas nagsisinungaling ang mga anticristo, nagsasabi ng isang bagay sa harap ng mga tao at ibang bagay sa likod nila, at walang makapagsasabi at walang nakakaalam kung kailan sila nagsasabi ng totoo at kung kailan sila nagsisinungaling. Gayumpaman, hindi nila kailanman aaminin na sila ay mapanlinlang na tao, sa halip na isang matapat na tao. Bagkus, madalas na pinangangatwiranang nila ang kanilang sarili at ipinapaliwanag kung gaano sila ka-lubos na totoo, kung gaano sila ka-partikular na sinsero sa iba, at kapag may anumang paghihirap ang ibang tao, kung gaano ang kagustuhan nilang tulungan ito mula sa kabutihan ng kanilang puso. Bukod sa hindi inaamin ng mga anticristo na may tiwaling disposisyon sila, palagi nilang sinusubukang pagtakpan ang sarili nila, ipinagyayabang kung gaano sila kabuti at kabait na tao. Bukod sa hindi nila inaamin na may tiwaling disposisyon sila, kasabay nito ay ipinagyayabang din nila kung gaano sila kagaling sa paghikayat ng mga tao, kung gaano sila kagaling sa pagkuha ng pabor ng mga tao at pagkuha ng loob ng mga tao. Ipinagyayabang nila kung gaano sila ka-madiskarte at may kapabilidad pagdating sa pagkilos at pagsasalita sa mga tao, kung paanong walang mas huhusay at makahihigit sa kanila, kung paanong walang mas mahusay para sa trabaho nila. Kapag nagbabayad ng kaunting halaga ang isang anticristo, nagagawang mangaral ng ilang matayog na doktrina at teorya, at may ginagawang isang bagay sa sandaling panahon na naglilihis sa mga tao at nag-uudyok sa karamihan ng mga tao na pahalagahan siya, iisipin niya na matagumpay niyang naikubli ang tiwaling disposisyon niya, at na nagawa niyang huwag pansinin ng mga tao ang tiwaling disposisyon niya. Kaya batay sa mga pagpapamalas na ito ng mga anticristo, at sa uring ito ng pagkaunawa at saloobin na kinikimkim nila sa tiwaling disposisyon nila, kapag sila ay napungusan, ang unang reaksiyon nila ay ang salungatin at labanan ito, ang gawin ang lahat ng magagawa nila para linisin ang pangalan nila. Dagdag pa sa pagtanging aminin ang mga kawalang idinulot nila sa gawain ng iglesia, tatanggi rin silang aminin ang tiwaling disposisyong ibinunyag nila sa usapin, at ang kamaliang nagawa nila dahil sa udyok ng tiwaling disposisyon nila. Kung isasaalang-alang ang

pagpapamalas at diwang ito ng mga anticristo, posible bang makamit nila ang disposisyonal na pagbabago? (Hindi.)

Nakatagpo Ako ng ilang anticristo na nagkakamali sa gawain nila, na mga tamad, hindi ginagawa ang gawain nila, at pinababayaan ang mga partikular na gampanin, habang nagmamando pa rin sa ibang tao, walang pakundangang gumagawa ng mga maling gawain, at gumagawa ng mga bagay-bagay sa sarili nilang paraan. Kapag ang gayong mga anticristo ay napungusan dahil dito, sa panlabas ay mukhang napakamasunurin nila, pero sa likod nito ay hindi talaga sila nagsisisi. Kung huhusgahan ang saloobin nilang hindi nagsisisi, hindi nila tinanggap kahit kaunti ang pagpupungos. Kung huhusgahan ang hindi nila pagtanggap sa pagpupungos, hindi nila kailanman sinuri kung anong mga pagbubunyag ng mga tiwaling disposisyon ang taglay nila. Sa halip, pagkatapos mapungusan, patuloy nilang ginagawa anuman ang gusto nila, ginagawa ang mga bagay-bagay sa sarili nilang pamamaraan, nagsasagawa ng pailalim na pagmamaniplula, nilililang iyong mga nasa itaas at ibaba nila, nagtatatag ng kanilang mga nagsasariling kaharian, at nagpapakasaya sa mga espesyal na pribilehiyo, nang hindi nagbabago kahit kaunti. Bakit hindi sila nagbabago kahit kaunti? Dahil mismo ito sa hindi pag-amin ng mga anticristo kahit kaunti na mayroon silang tiwaling disposisyon, ni hindi nila tinatanggap ang katotohanan; kaya sinusunggaban nila ang pagkakataong makahawak ng malaking kapangyarihan at sinusulit ang pagkakaroon ng kapangyarihang iyon, at pagkatapos ay sinasamantala ang panahon na iyon para gawin ang anumang gusto nila, para gawin ang lahat ng makakaya nila para gumawa ng masasamang bagay, at para guluhin ang gawain ng sambahayan ng Diyos at sirain ang normal na kaayusan ng sambahayan ng Diyos. Habang tinatamasa nila ang lahat ng uri ng materyal na pagtrato mula sa sambahayan ng Diyos, hindi talaga sila gumagawa ng anumang kabutihan. Bukod sa paggawa ng ilang paimbabaw na gawain, ano ang ginagawa nila nang palihim? Nagpapatawag sila ng mga pagtitipon, nangangaral ng mga salita at doktrina, at nakikialam pa nga sa mga walang kaugnayang usapin—maliban doon, nagmamando lang sila sa mga tao. Hindi nila isinasagawa ang alinman sa mga partikular na gawaing itinalaga sa kanila ng ang Itaas, at hindi sila nagpapakita ng personal para magbigay ng mga detalyadong tagubilin, pangangasiwa, o gabay. Inuutusan lang nila ang mga tao na akala mo kung sino sila, at paminsan-minsan kapag wala talaga silang magagawa, magpapakita sila sa lugar ng trabaho para gumawa ng ilang bagay at magbigay ng ilang patnubay. Pansamantalang pagpapakita lang ito ng pagkamasigasig, at kaagad pagkatapos nito ay hindi na sila makita. Kapag iniangat o itinalaga sa puwesto ang isang tao, walang puwedeng magsabi na hindi magaling ang taong iyon o salungatin ito, at hindi kailanman titingnan o pangangasiwaan ng mga anticristo ang gawain ng taong iyon. Gaano man kasama ang ginagawa ng taong iniangat o itinalaga, hindi nila pinahihintulutan ang kahit sino na ilantad ito, walang sinuman ang puwedeng magtanggap dito, at walang sinuman ang pinapayagang iulat ito. Ang sinumang mag-uulat sa taong iyon ay magiging kaaway nila. Gaano man kalaking kawalan ang idinudulot ng taong ginagamit

nila sa gawain ng iglesia, gaano man kalaking kaguluhan ang idinudulot nito sa iglesia, gagawin ng mga anticristo ang lahat ng makakaya nila para protektahan ang taong ito, at kung mabibigo silang gawin iyon, magmamadali sila para humiwalay sa taong iyon, at mabilis na bibitiwan ang pananagutan. Anuman ang ginagawa ng mga anticristo, sa harap man ito ng mga tao o kapag nakatalikod ang mga ito, lubos silang walang may-takot-sa-Diyos na puso. Sila ay mga hindi mananampalataya, mga diyablo, at mga buhay na Satanas, at walang kahihiyan pa rin nilang gustong magkaroon ng posisyon at tamasahin ang mga pakinabang ng katayuan; sila ay mga lintang nakaasa lang sa sambahayan ng Diyos. Mayroon pa ngang ilan na, kapag sila ay napungusan, at nakita na hindi na nila mapapanatili ang katayuan nila, ay nakakaramdam ng panghihina ng loob, pagkadismaya, at pagkalumbay. Bakit sila nakakaramdam ng pagkalumbay? Bakit sila nakakaramdam ng panghihina ng loob? Dahil ito sa hindi na nila mapapanatili ang katayuan nila, ang pagkakataon nilang matamasa ang mga espesyal na pribilehiyo at ang espesyal na pagtrato sa kanila ay mawawala, wala nang nagpapahalaga pa sa kanila, at tapos na ang mga araw nila ng paglalaro ng kapangyarihan. Kakailanganin na nilang gawin ang mga bagay-bagay para sa sarili nila—hindi na sila magkakaroon ng pagkakataong tumayo lang at mag-utos. Hindi sila nakakaramdam ng pagsisisi at pagkabahala tungkol sa masasamang kinahihinatnan na dulot ng tiwaling disposisyon nila. Sa halip, sila ay nababahala, lumuluha, at nakakaramdam ng kawalan dahil sa hindi na nila matatamasa ang mga pakinabang ng katayuan. Mayroon pa ngang ilang tao na, pagkatapos tanggalin, ay malakas ang loob na paulit-ulit na nanghihingi ng isa pang pagkakataon. Sabihin ninyo sa Akin, puwede bang bigyan ng isa pang pagkakataon ang ganoong mga tao? Ano ang plano nilang gawin sa pagkakataong iyon? Para maging palamunin ng iglesia, para maging asa, at para kumilos nang walang pakundangan. Kung bibigyan sila ng isa pang pagkakataon, makikilala ba nila ang sarili nilang tiwaling disposisyon? Magagawa ba nilang kilalanin ang sarili nila? (Hindi.) Kung makakakuha sila ng isa pang pagkakataon, magkakamit ba sila ng kaunting pakiramdam ng kahihiyan? Magbabago ba ang karakter nila? Sa pamamagitan ng isa pang pagkakataon, magsisimula ba silang gumawa ng mga bagay na naaayon sa mga katotohanang prinsipyo, at hindi na susubukang magtatag ng kanilang mga nagsasariling kaharian? (Hindi nila gagawin iyon.) Hindi nila gagawin ang alinman dito—hindi ba’t katapusan na nila? Kung kayo ay napungusan, at ito ay napakaseryosong bagay na walang magagawa ang ang Itaas kundi ang tanggalin kayo, ano ang iisipin ninyo? (Na dapat talaga akong tanggalin, dahil napakabuktot ng kalikasan ko, napakarami kong nagawang bagay na labag sa mga prinsipyo at laban sa Diyos, nakagawa ako ng napakaraming kasamaan, at nagdulot ako ng napakaraming kawalan sa gawain ng iglesia. Dapat akong tanggalin.) Magninilay muna sa sarili niya ang isang taong nagtataglay ng katwiran, “Ano ba talaga ang ginawa ko sa panahong ito? Bakit ako napungusan? Tama ba talaga na napungusan ako dahil sa paggawa ng mga bagay na iyon, at tama ba talaga ang mga bagay na sinabi ng taong iyon nang pungusan niya ako? Paano ko dapat tanggapin ang mga ito? Paano ko dapat harapin ang pagpupungos na ito?”

Pagkatapos ay susuriin niya kung ano ba talaga ang nagawa niya, kung mayroon bang anumang halong kalooban ng tao sa mga ikinilos niya, kung mayroon bang konsensiya at katwiran sa mga ito, kung alinsunod ba sa mga katotohanang prinsipyo ang ginawa niya, kung gaano karami sa mga ginawa niya ang alinsunod sa mga hinihingi ng Diyos at kung gaano karaming bagay ang ginawa niya na naaayon sa sarili niyang kalooban. Dapat na suriin ng isang taong may katwiran ang mga aspektong ito, hindi ang pagtuunan ng pansin kung nawala ba sa kanya ang katayuan niya, kung naging patas ba ang sambahayan ng Diyos sa kanya, ano ang iisipin ng mga tao tungkol sa kanya kung wala siyang katayuan, o kung anong uri ng mga kinabukasan at hantungan ang magkakaroon siya. Hindi pagtutuunan ng pansin ng isang taong may katwiran ang gayong mga bagay.

Gaano ba kawalang-hiya ang ilang anticristo? Kung, pagkatapos matanggal ang mga anticristong ito, hindi na kasinggalang ang mga kapatid sa kanila, kung hindi na kasinggiliw o kasingbait ang mga ito, at na sa halip ay malamig ang pakikitungo ng mga ito at hindi sila pinapansin, hindi ito matatagalan ng mga anticristo. Bakit napakasensitibo nila sa ganitong mga bagay, samantalang hindi sila gaanong sensitibo sa tiwaling disposisyon nila? Bahagi ba iyon ng kalikasan nila? Mayroon ba silang dignidad? Mayroon ba silang hiya? (Wala.) Ang dalawang pinakamahalagang bagay sa pagkatao ay hiya at pagkamatuwid. Walang bakas ng alinman sa mga bagay na ito sa isang anticristo. Walang kahihiyan ang mga anticristo, at gaano man sila magbunyag ng mga tiwaling disposisyon o gaano man karaming kasamaan ang gawin nila, talagang wala silang nararamdaman, hindi sila nakokonsensiya, gayunman, gusto pa rin nilang patagalin ang pananatili at maging palamunin ng sambahayan ng Diyos. Pagkatapos nilang mapungusan at malantad, pagkatapos nilang matanggal at mawalan na ng anumang katayuan, gusto pa rin nilang bigyang-pugay sila ng mga kapatid nang magalang at mapitagan. Hindi ba't hindi makatwiran iyon? Kasuklam-suklam ba sa inyo ang pagpapamalas na ito ng mga anticristo? (Oo.) Bawat tao ay nakakaramdam ng kawalan kapag napungusan siya, lalo na kung tinanggal siya at nawala ang katayuan niya. Pakiramdam niya ay nalagay siya sa isang alanganing sitwasyon, at napahiya nang kaunti sa harap ng iba, at hindi siya makaharap kahit kanino sa labis na kahihiyan. Gayumpaman, hindi magsasalita ng mga baluktot na argumento ang isang taong may hiya. Ano ang ibig sabihin ng hindi pagsasalita ng mga baluktot na argumento? Nangangahulugan ito ng kakayahang tratuhin ang lahat ng bagay sa tamang paraan, nang hindi nag-iisip at nagsasalita tungkol sa mga bagay-bagay sa baluktot na paraan, at sa halip ay matapat na inaamin ang mga maling bagay na nagawa niya, at tinatrato ang usapin nang patas at makatwiran. Ano ang ibig sabihin ng patas at makatwiran? Nangangahulugan ito na, dahil napungusan ka para sa isang bagay, may problema sa ginawa mo—kung isasantabi ang tiwaling disposisyon na mayroon ka, sabihin na lang natin na kung pumalpak ka sa usaping ito, tiyak na may kaunti kang responsabilidad para dito; at dahil may responsabilidad ka, dapat mo itong pasanin, at aminin na ginawa mo ito. Sa sandaling aminin mo ito, dapat mong suriin ang sarili mo, at tanungin: “Anong

tiwaling disposisyon ang ibinunyag ko rito? Kung hindi ako inudyukan ng isang tiwaling disposisyon, nahaluan ba ng kalooban ng tao ang mga ikinilos ko? Idinulot ba ito ng kahangalan? May anumang kinalaman ba ito sa paghahangad ko, sa landas na tinatahak ko?” Ang kakayahang suriin ang sarili tulad nito ay tinatawag na pagkamakatwiran, pagkakaroon ng hiya, pagtingin sa mga bagay-bagay sa isang patas at obhetibong paraan, sa isang paraan na totoo batay sa mga katunayan. Ito mismo ang wala sa mga anticristo. Kapag sila ay pinupungusan, una nilang iniisip, “Paano mo nagawang walang-awang pungusan ang isang marangal na lider tulad ko sa harap ng napakaraming tao, inilantad pa nga ang kahiya-hiyang lihim ko? Nasaan ang prestihiyo ko bilang lider? Sa pagpupungos sa akin, hindi ba’t winasak mo na ito? Sino na ang makikinig sa akin mula ngayon? Kung walang makikinig sa akin, paano ako magkakaroon ng anumang katayuan bilang lider? Hindi ba’t magiging lider lang ako sa pangalan kung ganoon? Paano ko matatamasa ang mga pakinabang ng katayuan kung gayon? Hindi ba’t hindi ko na matatamasa ang mga aytem na inihahandog ng mga kapatid?” Tama ba ang ideyang ito? Naaayon ba ito sa katotohanan? Makatwiran ba ito? (Hindi.) Ito ay pagkawalang-katwiran, at pagsasalita ng mga baluktot na argumento. Ano ang ibig mong sabihin sa prestihiyo? Ano ang isang lider? Siguradong hindi ka naman inosente sa katiwalian? Ano ang ibig mong sabihin sa “paglalantad ng kahiya-hiya mong lihim”? Ano ang kahiya-hiya mong lihim? Ito ay ang tiwaling disposisyon mo. Ang tiwaling disposisyon mo ay kapareho ng sa iba—iyon ang kahiya-hiya mong lihim. Walang naiiba sa iyo, hindi ka nakahihigit sa iba. Nakita lang ng sambahayan ng Diyos na mayroon kang kaunting kakayahan at kayang gumawa ng ilang gawain, kaya iniangat at nilinang ka nito, at binigyan ka ng natatanging pasanin, ng kaunting dagdag na pasanin. Subalit hindi naman ibig sabihin nito na sa sandaling magkaroon ka ng katayuan, wala ka ng tiwaling disposisyon. At gayunman, kinakapitan ito ng mga anticristo, sinasabing, “Ngayong may katayuan na ako, hindi mo ako dapat pungusan, lalong hindi sa harap ng napakaraming tao, na magpapahintulot sa karamihan ng tao na malaman ang tungkol sa tunay kong sitwasyon.” Hindi ba’t baluktot na argumento ito? Saan maaaring gamitin ang diskarteng ito? Sa lipunan sa labas, kapag pinababango mo ang pangalan ng isang tao, kailangan mo siyang purihin bilang perpekto, at bumuo ng imahe ng pagiging perpekto para sa kanya, nang wala ni katiting na kapintasan. Hindi ba’t mapanlinlang iyon? Gagawin ba ito ng sambahayan ng Diyos? (Hindi.) Iyon ang ginagawa ni Satanas, at ito rin ang hinihingi ng mga anticristo. Walang katwiran si Satanas, at kapareho ding walang katwiran ang mga anticristo sa bagay na ito. Hindi lang iyon, kundi gumagawa rin sila ng mga baluktot na argumento at nagsusulong ng mga labis na hinihingi. Para maprotektahan ang katayuan nila, hinihiling nila sa ang Itaas na bigyan ng pansin ang tungkol sa kung paano sila pinupungusan at sa kung anong mga okasyon sila pinupungusan, at kung anong uri ng tono ang ginamit. Kinakailangan ba ito? Isa kang tiwaling tao, at pinupungusan ka para sa isang bagay na tunay at totoo—anong pangangailangan ang mayroon para gawin ito sa isang partikular na paraan? Hindi ba’t

makakapinsala sa mga kapatid ang pagpapabango sa pangalan mo? Dapat bang pabanguhin ang pangalan mo, na isang masamang tao, at protektahan ang katayuan mo, nang sa gayon ay walang pakundangan kang makagawa ng masasamang gawa sa mga nasa ibaba at makapagtatag ng iyong nagsasariling kaharian? Magiging patas ba iyon sa mga kapatid? Pagpapakita ba iyon ng responsabilidad sa kanila? Hindi iyon isang paraan ng pagpapakita ng responsabilidad sa kanila. Kaya ang isang anticristong kumikilos nang ganito, nag-iisip nang ganito, at gumagawa ng gayong mga uri ng mga hinihingi ay pagsasabi lang niya ng mga baluktot na argumento at paggawa ng gulo nang sinasadya, lubos na walang-hiya. Kapag pinupungusan para sa isang maling bagay na ginawa niya, hindi inaamin ng isang anticristo na may tiwaling disposisyon siya, hindi rin niya sinusuri kung anong tiwaling disposisyon ang nagbunsod sa kanyang gawin ang gayong bagay. Pagkatapos magsabi ng napakaraming baluktot na argumento, hindi lang siya tumatangging suriin ang sarili niya, nag-iisip din siya ng mga kontrang hakbang. “Sino ang nag-ulat nito? Sino ang nagpaabot nito sa ang itaas? Sino ang nag-ulat sa mga lider na ginawa ko ito? Kailangan kong malaman kung sino ito, at turuan siya ng leksiyon. Kailangan ko siyang kastiguhin sa mga pagtitipon, at ipakita sa kanya kung gaano ako hindi basta-basta.” Kapag pinungusan siya, gagawin ng isang anticristo ang lahat ng makakaya niya para ipagtanggol ang sarili niya, para makahanap ng palusot, iniisip na, “Naging pabaya ako sa pagkakataong ito at hinayaan kong mabunyag ang isang lihim, kaya dapat kong gawin ang makakaya ko para hindi na ulit ito mangyari sa susunod, at subukan ang ibang diskarte para ang itaas ay malinlang pati na rin ang mga kapatid sa ibaba, para wala sa kanila ang makaalam. Kapag nakakagawa ako ng tama, dapat akong magmadaling sumulong at akuin ang papuri para dito, subalit kapag nagkakamali ako, dapat mabilis kong maipasa ang responsabilidad sa iba.” Hindi ba’t iyon ay kawalan ng hiya? Kawalan ito ng hiya sa sukdulan! Kapag napungusan ang isang normal na tao, sa kaibuturan, pribado niyang inaamin sa sarili niya, “Masama akong tao—may tiwaling disposisyon ako. Wala nang masasabi pa. Dapat kong pagnilayan ang sarili ko.” Tahimik niyang pinagpapasyahan na kumilos ayon sa kung ano ang hinihingi ng Diyos kung mahaharap siyang muli sa ganitong sitwasyon. Kung makakamit man niya ito o hindi, anumang mangyari, kapag napungusan siya, tinatanggap niya ito nang makatwiran sa kaibuturan ng puso niya, at sinasabi sa kanya ng pagkamakatwiran niya na talagang nakagawa nga siya ng mali, at na dahil may tiwaling disposisyon siya, dapat niyang aminin ito. Nagpapasakop siya sa kaibuturan ng puso niya, nang walang anumang paglaban, at kahit na pakiramdam niya na medyo naagrabyado siya, ang pangunahing saloobin niya ay ang pagiging positibo. Nagagawa niyang pagnilayan ang sarili niya, makaramdam ng pagsisisi, at magpasyang magsikap na huwag gawin ang parehong pagkakamali sa usaping ito sa hinaharap. Sa kabilang banda, hindi lang sa hindi nakakaramdam ng pagsisisi ang isang anticristo, mapanlaban siya sa puso niya, at hindi lang sa hindi niya magawang bitiwang ang kasamaang ginagawa niya, sinusubukan pa niyang maghanap ng ibang paraan pasulong para patuloy na walang

pakundangang gumawa ng masasamang gawa, nagpapatuloy sa masamang pag-uugali niya. Kapag napungusan siya, hindi niya sinusuri ang sariling tiwaling disposisyon niya, ang pinagmulan ng kamalian niya, ng mga layunin niya, o ng iba't ibang kalagayan at perspektiba na umusbong sa kaibuturan niya nang mabunyag ang tiwaling disposisyon niya. Hindi niya kailanman sinusuri o pinagbubulay-bulayan ang mga bagay na ito, hindi rin niya tinatanggap ito kapag may sinumang iba na nagbibigay ng mga mungkahi, payo, o naglalantad sa kanya. Sa halip, pinaigting niya ang pagsisikap para maghanap ng iba't ibang paraan, diskarte, at taktika para malinlang ang mga nasa itaas niya at nasa ibaba niya para maprotektahan niya ang katayuan niya. Pinaigting niya ang pagdudulot ng kaguluhan sa sambahayan ng Diyos, at ginagamit ang katayuan niya para gumawa ng masama. Talagang wala siyang pag-asa!

Kapag ginagawa ng mga anticristo ang anumang bahagi ng gawain, pabasta-basta lang sila at nagbubulag-bulagan sila sa masasamang tao at sa mga nanggugulo sa gawain ng sambahayan ng Diyos, o maaari pa nga nilang pagtakpan ang mga ito, pagbigyan, at protektahan ang mga ito. Pagkatapos tanggalin, magbabago ba ang isang anticristo kapag gumawa siya ng ibang tungkulin? (Hindi.) Bakit ganoon? (Dahil sa problema sa kalikasang diwa niya.) Pagkatapos makagawa ng gayong napakatinding pagkakamali, hindi pa rin siya nagsisisi, at nagkikimkim pa rin siya ng mga kuru-kuro at hinaing sa puso niya, kaya posible ba na maging medyo sinsero siya sa alinmang tungkuling ginagawa niya? Walang pakundangan siyang gumagawa ng masasamang gawain sa tungkulin niya kahit noong bago pa siya magkaroon ng anumang kuru-kuro o hinaing, kaya kapag nagkikimkim siya ng mga bagay na ito, posible ba na maging sinsero siya sa tungkulin niya? (Hindi.) At kung walang sinseridad, magiging pabasta-basta ba siya? Walang pakundangan ba siyang gagawa ng masasamang gawain? (Oo.) Maaaring hindi kumbinsido ang ilan sa inyo, kaya mag-oberba kayong mabuti para sa inyong sarili, at darating ang araw na makukumbinsi ka. Hindi kailanman magbabago ang isang anticristo, at saanman siya ilagay, palagi siyang masama. Pagkatapos na mapungusan ang isang taong naghahangad sa katotohanan dahil sa pagbubunyag ng isang tiwaling disposisyon, sumasailalim siya sa ilang pagbabago. Pabuti nang pabuti ang kalagayan niya, nagiging mas maagap ang saloobin niya, lalong nagiging mas positibo ang perspektiba niya, lalong nagiging mas tama ang mga layon at direksiyon ng paghahangad niya, lalong nabubuo ang may-takot-sa-Diyos na puso niya, at lalong nagmumukhang mas karapat-dapat na respetuhin ang pagkatao niya. Sa kabaligtaran, habang mas pinupungusan ang isang anticristo, lalong tumitindi ang paghihinakit ng kalooban niya, lalo siyang nagiging mas maingat, lalo niyang nararamdaman sa puso niya na naagrabyado siya, at mas lumalago ang mga kuru-kuro, pagkamuhi, at mga reklamo niya tungkol sa Diyos. Kapag hindi siya napupungusan, nagagawa ng laman niya na magbayad ng katiting na halaga, pero kapag palagi siyang napupungusan, wala man lang siyang kahit katiting na sinseridad. Talagang wala na siyang pag-asa! Obserbahan ninyo ito para sa inyong sarili—ang sinumang tulad nito ay palaging

nangangaral ng mga sermon para suportahan ang iba, pero siya mismo ay hindi talaga nagsasagawa o may anumang pagpasok—isang katangian ito. Ang isa pang katangian ay na, anumang gawain ang ginagawa niya, sa sandaling magkaroon siya ng katayuan, maaari siyang umaksiyon at magpakita ng kaunting sigasig, pero palagi siyang pabasta-basta at walang pakundangang gumagawa ng masasamang gawa sa gawain niya. Kapag nawalan siya ng katayuan, hindi na siya nagkukunwari, itinuturing niyang wala nang pag-asa ang sitwasyon niya, at kumikilos pa nga nang mapangahas at walang pakundangan, at kumikilos na tulad ng isang mabagsik na tao na walang kinikilalang batas, ganap na walang may-takot-sa-Diyos na puso. Sa buong sangkatauhan, ang ganitong uri ng tao ay isang klasikong anticristo. Nagagawa niyang himayin nang napakalinaw at lohikal ang mga kalagayan ng ibang tao, sa paraan na madaling maunawaan at nag-iiwan ng pakiramdam na mayroon din siyang ganitong uri ng pagkaunawa ng sarili niya. Pero kapag nakakagawa siya ng ilang pagkakamali, kapag nagbunyag siya ng tiwaling disposisyon, at kapag sinubukan mong ilantad at himayin ito, tingnan mo kung anong uri ng saloobin mayroon siya. Lubos na magiging mabigat sa loob niyang tanggapin ito, at mag-iisip siya ng lahat ng paraang maiisip niya para pabulaanan ito at ipagtanggol ang sarili niya, hindi niya aaminin ito. Walang sinuman ang makakakanti sa kanya, at ang sinumang makapagpapanting ng tainga niya, o maglalantad ng problema niya, ay mapapahamak at tatratuhin bilang kaaway niya.

Kapag may katayuan ang isang anticristo, nagagawa niyang magtiis ng kaunting paghihirap at magbayad ng kaunting halaga para protektahan ito. Nagagawa rin niyang magpanggap na may malasakit para sa lahat, ng kagustuhang iligtas ang lahat—isang mapagpaimbabaw na mukha. Gayumpaman, sa sandaling mawala ang katayuan niya, naglalahi ang lahat ng kabutihang-loob niya, sa kabila nito ay gusto pa rin niyang hawakan at tamasahin ang suporta, paggalang, at espesyal na atensyon na tinamasa niya dati. Talagang sukdulan ang kawalan niya ng hiya! Anuman ang grupo ng isang anticristo, hindi siya nagbibigay ng kahit kaunting tulong o pagpapatibay sa sinuman, sa kabila nito gusto pa rin niyang tamasahin ang suporta at pagpapahalaga ng lahat. Kahit sino pa ang umaamin na may tiwaling disposisyon siya, ang isang anticristo ay hindi magsasalita at magsasabi na mayroon din siya nito, o magsasalita tungkol sa kung anong uri ng tiwaling disposisyon ang ibinunyag niya dati. Hindi niya kailanman hinihimay ang sarili niya, at kapag napunta siya sa sitwasyon na hindi matatakan, magsasabi lang siya ng isang bagay tulad ng, “Oo, isa akong demonyo, isa akong Satanas,” at iyon na iyon. Nagsasabi lang siya ng ilan sa ganitong mga uri ng matatayog at hungkag na salita. Kung tatanungin mo siya, “Anong mga partikular na pagpapamalas at pagbubunyag ng pagiging isang demonyo at isang Satanas ang taglay mo? Anong mga uri ng mga motibo at intensiyon ang mayroon ka kapag kumikilos ka?” wala man lang siyang sasabihing kahit ano. Hindi ba’t siya ay isang Satanas? Simula nang ito ay magkaroon ng kapangyarihan, ang malaking pulang dragon ay gumawa ng hindi mabilang na kasamaan, at sa buong pamamahala nito ay patuloy nitong inaamin at itinatama ang mga pagkakamali nito,

habang patuloy na pinatitindi ang pag-abuso nito sa mga tao nito. Kapag nakikita mo itong inaamin ang mga pagkakamali nito, maaaring iisipin mo na ito ay magsisisi at magbabagong-buhay, na may saloobin ito ng pangungumpisal, at malamang na hindi na ito gagawa muli ng gayong mga pagkakamali. Subalit batay sa mga bagay-bagay na sumunod na nangyari at kung paano nabuo ang mga bagay-bagay, ang pag-amin ng malaking pulang dragon sa mga pagkakamali nito ay para lang sa kapakanan ng pagprotekta ng imahe at katayuan nito, na nagbibigay-daan para ipagpatuloy nito ang paghawak sa kapangyarihan at gumawa ng mas maraming nakapanghihilakbot na bagay na umaabuso sa mga tao nito. Pare-pareho ang mga anticristo—taglay nila ang parehong kalikasang diwa gaya ng mga diyablo, Satanas, at ng malaking pulang dragon. Magaling silang magpanggap at gawi nila ang magsinungaling; wala silang kahihyan, tutol sila sa katotohanan at mga positibong bagay, at hindi nila tinatanggap ang katotohanan kahit kaunti. Dagdag pa rito, wala silang ibang sinasabi kundi mga bagay na masarap pakinggan, at ginagawa lang nila ang lahat ng uri ng masamang bagay. Sa paligid ng mga kapatid, madalas na mga tamang bagay ang sinasabi ng mga anticristo, at gumagawa ng mga bagay na mukhang tama sa panlabas, pero kapag hiningi sa kanilang mahigpit na magsagawa alinsunod sa mga salita ng Diyos at sa mga katotohanang prinsipyo, para ipatupad ang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, wala silang gagawing ganoon, at sa halip ay maglalaho sila nang walang bakas. Kung iiwan mo sila nang walang pangangasiwa, o pag-uudyok, walang pakundangan silang gagawa ng masasamang gawa, at magtatatag ng kanilang nagsasariling kaharian. Para makamit ang layon nilang humawak ng kapangyarihan, titiisin nila ang anumang paghihirap at magbabayad ng anumang halaga. Makikita natin dito na may isa pang uri ng kalikasang diwa ang mga anticristo, ito ay na sila ay makasarili at kasuklam-suklam. Maliban sa pagbabayad ng kaunting halaga kapag may ginagawa silang isang bagay para sa sarili nila, kung hiningi sa kanila na gumawa o magsalita ng ilang bagay para sa mga kapatid, para sa sambahayan ng Diyos, nang walang tinatanggap na anumang kapalit, magiging napakabait ba nila? Tatanggapin ba nila ang pasaning iyon? (Hindi.) Kaya pagdating sa mga bagay na hiningi ng ang Itaas na ipatupad nila, kapag dumating ang oras para suriin ang gawaing iyon, hindi nila naipatupad ang alinman sa mga ito. Bakit ganoon? Dahil kapag ginawa nila iyon, kakailanganin nilang mapagod at magdusa; kakailanganin nilang magbayad ng halaga, at malamang na hindi sila masyadong makikinabang dito. Kaya, talagang hindi nila gagawin ito. Kung ang karamihan ng tao ay makikinabang dito, kung ang karamihan ng tao ay magkakamit ng mga pakinabang mula rito, magiging handa bang magbayad ng halaga ang isang anticristo para dito? Hindi. Kung ito ay para sa isang bagay na pahahalagahan at tatandaan sila ng karamihan ng tao, at sasambahin at pupurihin sila, at kung maaalala sila para sa mabuting bagay na ito na ginawa nila hanggang sa mga susunod na henerasyon, paano sila kikilos? Kaagad silang kikilos, at gagawin nila ito nang mas masaya pa sa kahit na kanino. Kawalan ito ng hiya, hindi ba? Talagang walang-hiya si Satanas, ang diyablo. Gumawa ito ng hindi

mabilang na kasamaan, pero gusto pa rin nitong lubos na magpasalamat sa kanya ang lahat, na pasunurin nang mabuti dito ang mga tao at labis itong papurihan. Labis nitong inaabuso ang mga tao, subalit gusto pa rin nitong papurihan siya ng mga ito. Pare-pareho ang mga anticristo. Hindi mahalaga kung gaano karaming sermon ang napakinggan ng isang anticristo, o kung gaano karaming doktrina ang nauunawaan niya, kung hihingin mo sa kanyang gumawa ng isang gawain o tungkulin nang hindi nagiging pabasta-basta, hindi niya ito kayang gawin. Kung hihingin mo sa kanyang umiwas sa pagtatatag ng kanyang nagsasariling kaharian o sa walang pakundangang paggawa ng mga maling gawain, hindi niya ito kayang gawin. Kung hihingin mo sa kanyang umiwas sa pagtatamasa sa mga pakinabang ng katayuan, sa pagpapakasasa sa kaginhawahan, sa pagpapakasaya sa katayuan at mga espesyal na pribilehiyo, hindi niya ito kayang gawin. Kung hihingin mo sa kanyang huwag pahirapan ang iba, o huwag magsinungaling, hindi niya ito kaya. Kung hihingin mo sa kanyang huwag waldas ang mga handog, at na protektahan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, hindi niya ito kayang gawin. Kung hihingin mo sa kanyang huwag magpatotoo sa sarili niya, hindin-hindi niya magagawa iyon; kung hihingin mo sa kanyang magbayad ng kaunting halaga para sa hinirang na mga tao ng Diyos nang walang makukuhang anumang kapalit, o na gumawa ng kaunting gawain nang walang nakakaalam, hindi niya ito kayang gawin. Ano ang kaya niyang gawin? Kaya niyang walang pakundangang gumawa ng mga maling gawain, magtatag ng sarili niyang nagsasariling kaharian, magpatotoo sa sarili niya, magwaldas ng mga handog, maging palamunin ng iglesia, magpahirap sa iba, sumigaw ng mga islogan, magsalita ng mga doktrina, magkalat ng mga erehiya at maling paniniwala para ilihis ang mga tao, at iba pa—walang kahirap-hirap para sa kanya na gawin ang mga bagay na ito. Mayroon bang sinumang tulad niyon sa paligid ninyo? Sa sandaling makahawak siya ng kapangyarihan, sa sandaling magkaroon siya ng katiting na kapangyarihan, gusto niyang mahawakan ang pitaka ng sambahayan ng Diyos; anuman ang binibili niya, gusto niyang kunin ang mga bagay na may mataas na kalidad, mahal, at may pangalan, at hindi niya ito tinatalakay sa sinuman o hindi siya nakikinig sa kung ano ang sinasabi ng sinuman. Sa sandaling mabigyan siya ng kaunting kapangyarihan, nagpapakasaya siya rito. Kapag nabigyan siya ng kaunting kapangyarihan, gusto niyang bumuo ng mga grupo at gawin ang mga bagay sa sarili niyang pamamaraan, at tumatanggi siyang makinig sa ang Itaas, o sa sinuman. Kapag nabigyan siya ng kaunting kapangyarihan, pakiramdam niya ay naging diyos na siya at gusto niyang magpatotoo sa sarili niya para suportahan siya ng iba, at gusto niyang bumuo ng isang paksiyon, para bumuo ng sarili niyang gang. Kapag nabigyan siya ng kaunting kapangyarihan, gusto niyang mahigpit na makontrol sa pagkakahawak niya ang mga kapatid. Kung kinakailangan sa gawain ng sambahayan ng Diyos na ilipat ang isang tao palayo sa kanya, magiging napakahirap nito. Kailangan niya itong sang-ayunan at kailangang may magtalakay sa kanya tungkol dito, at hindi niya tatanggapin ang saloobin na ayaw niya mula sa taong iyon. Gusto niyang malaman ng buong mundo na may kapangyarihan at

impluwensiya siya, at kailangang maging marespeto at magalang ang lahat sa kanya. Ito ay isang karaniwang kinikilalang katunayan. Hindi kailanman aaminin ng isang anticristo na may tiwaling disposisyon siya. Obserbahan ninyo ito para sa sarili ninyo—tingnan ninyo kung kaya bang magsisi ng mga hindi umaamin sa tiwaling disposisyon nila pagkatapos nilang gumawa ng mali at magbunyag ng tiwaling disposisyon, at kung anong direksiyon ang kanilang pinipili sa huli at kung anong uri ng landas ang tatahakin nila sa huli, kung paano sila kumikilos habang ginagawa ang tungkulin nila at habang nakikisalamuha sa iba, kung paano sila kumikilos ukol sa kanilang katayuan, kung ano ang kanilang mga pamamaraan at diskarte sa paggawa ng mga bagay-bagay. Magagawa ba ninyong makilatis ito? Kung makakagawa kayo ng ilang kongklusyon ukol sa mga bagay na ito, mayroon kayong pagkilatis.

C. Pagtanging Aminin na ang mga Salita ng Diyos ang Katotohanan at ang Pamantayan Kung Saan Sinusukat ang Lahat ng Bagay

May ikatlong dahilan sa pagtanggap ng mga anticristo na tanggapin ang pagpupungos at sa kawalan nila ng saloobin ng pagsisisi kapag nakakagawa sila ng anumang kamalian, ito ay tumatanggi silang aminin na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan at ang pamantayan kung saan sinusukat ang lahat ng bagay. Nagbigay Ako ng medyo detalyadong pagbabahagi tungkol sa nakaraang dalawang dahilan; bahagyang naiiba ang isang ito mula sa naunang dalawa pagdating sa literal na kahulugan nito, pero sa diwa, nauugnay ito sa pagtanggap ng mga anticristo na aminin na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan, kaya mapapanatili nating maikli ang ating pagbabahaginan. Kapag napungusan ang isang anticristo, at nagbahagi ka sa kanya tungkol sa katotohanan, nakipag-usap tungkol sa mga katotohanang prinsipyo at sa mga prinsipyo sa paggawa ng mga bagay-bagay, magagawa ba niyang tanggapin ito pagkatapos marinig ito? (Hindi.) Kahit kailan marinig ng isang anticristo ang katotohanan, pareho pa rin ang magiging saloobin niya ukol dito—pagkondena at paglaban. Ano ang mga katotohanang prinsipyo? Ang mga ito ang pamantayan para sa pagsukat kung paano gawin ang isang bagay. Basta't ginawa ito nang ganap na naaayon sa katotohanan ng mga salita ng Diyos, ang ginagawa ng isang tao ay may prinsipyo. Ito ay paggawa ng mga bagay-bagay alinsunod sa mga prinsipyo. Kung ang pakikipagbahaginan mo ay nakaayon sa mga katotohanang prinsipyo, tiyak na hindi ito tatanggapin ng isang anticristo; habang mas positibo, praktikal, patas, tama, at batay sa katunayan ang pakikipagbahaginan mo, mas magiging hindi katanggap-tanggap ito sa isang anticristo. Sasagot siya gamit ang mga baluktot na argumento, tumatangging tanggapin ang katotohanan o ang mga katunayan. Kung kakausapin mo siya tungkol sa kung paano kumilos para maisakatuparan ang mga responsabilidad niya sa usapin, sasabihin niya sa iyo ang tungkol sa kung paano siya nagdusa at nagbayad ng halaga; kung kakausapin mo siya tungkol sa kung paano kumilos alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo, sasabihin niya sa iyo kung gaano karaming daan na ang nalakbay niya, kung gaano siya nagdusa, at kung gaano karaming pagsasalita na ang nagawa niya.

Kung kakausapin mo siya tungkol sa kung paano maging isang matapat na tao, paano kumilos at gumawa ng tungkulin nang may matapat at sinserong puso, hindi siya magiging interesado at hindi ka niya papansinin. Kapag kumikilos siya, tutuon lang siya sa mga taktika, pakana, at panlalansi. Sa kabuuan, ang isang anticristo ay may sariling grupo ng mga natatanging prinsipyo para sa kanyang mga kilos, at gaano man kamali, kababa, katawa-tawa at kahangal ang mga ito sa paningin ng iba o sa paningin ng Diyos, hinding-hindi siya magsasawang panghawakan ang mga pamamaraan at prinsipyong ito. Hindi niya tatanggapin ang mga salita ng Diyos bilang ang mga katotohanang prinsipyo, hindi rin niya isusuko ang kanyang sariling mga prinsipyo, kaya pungusan mo man siya, ilantad mo man siya, o tanggalin mo man siya, ang mga pamantayan, perspektiba, at mga pananaw niya para sukatin ang mga bagay-bagay ay hinding-hindi magbabago. Ang ilan sa mga pamantayang ito ay sa agham ng tao, ang ilan ay sa kaalaman, ang ilan ay sa tradisyonal na kultura, at ang ilan ay sa masasamang kalakaran ng mundong ito, subalit gaano man maaaring kamali ang mga bagay na ito, hindi kayang bitiwang ng isang anticristo ang mga ito. Tatanggapin niya anumang masasamang kalakaran at anumang mga kasabihan at perspektiba ang popular sa lipunan, subalit hindi niya kailanman pamantayan ang mga salita ng Diyos o ang katotohanan para sa pagsukat ng lahat ng bagay at pangyayari, para sa pagsukat ng lahat ng bagay. Habang sumusunod siya sa Diyos at nagiging palamunin sa sambahayan ng Diyos, itinatanggi at kinokondena niya ang katotohanan. Habang itinatanggi at kinokondena niya ang katotohanan, iginagalang at tinitingala niya ang lahat ng uri ng erehiya at maling paniniwala mula sa mundo. Ang mga tanging bagay na hindi niya kayang tanggapin ay ang mga salita ng Diyos, ang katotohanan. Batay sa diwang ito ng mga anticristo, bagama't dumadalo sila sa mga pagtitipon, nagbabasa ng mga salita ng Diyos, at gumagawa ng tungkulin sa proseso ng kanilang pananalig, isang bagay ang tiyak—hindi kailanman magbabago ang disposisyon nila, ni hindi ang mga perspektiba nila, na sa mundo at sa masasamang kalakaran. Kung hihingin mo sa isang anticristo na magsalita tungkol sa buhay pagpasok o sa disposisyonal na pagbabago, magtataka ka kung bakit labis na kakaiba, nakakasuka, at nakakailang ang mga salita niya. Magiging parang mga salita ng isang tagalabas ang mga ito, at talagang isa siyang taong naguguluhan na walang espirituwal na pang-unawa kundi nagpapanggap na espirituwal at na nagtataglay ng buhay. Talagang sukdulan itong kasuklam-suklam! Maaari bang magtaglay ng buhay ang isang taong kailanman ay hindi kinilala ang mga salita ng Diyos bilang katotohanan o tinanggap ang mga salita ng Diyos bilang buhay niya? Kalokohan ito, hindi ba? Tumingin kayo sa paligid ninyo, at suriin kung may sinuman ang palaging nagsasabing: “Sinabi ito ni ganito at ni ganoong sikat na tao; sinabi ito sa ganito at ganoong aklat; sinabi ito sa ganito at ganoong drama sa TV; sinabi ito sa ganito at sa ganoong obra maestra” o “Ito ang tradisyonal na kultura namin; sa pinagmulan ko, sinasabi namin ito; sa pamilya namin, may ganito kaming patakaran,” at iba pa. Tingnan ninyo kung sino ang palaging mayroong maraming ganitong bagay na sinasabi, kung sino ang hindi naantig sa mga salita ng Diyos pagkatapos mapakinggan ang mga ito, at ang tanging binibigkas ay

magugulong salita, mga kalokohang salita, at mga salita na walang espirituwal na pang-unawa kapag nagagawa niyang makipagbahaginan tungkol sa kanyang pagkaunawa sa mga salita ng Diyos, at kung sino, bagama't wala siyang pagkaarok o pagkaunawa sa mga salita ng Diyos, ang sumusubok na sapilitang pagsama-samahin ang ilan, at nagpapanggap na espirituwal. Labis na nakakasuka ito! Napakaraming taon nang nanampalataya ang mga taong ito sa Diyos, at napakaraming taon nang nakinig sa mga sermon at dumalo sa mga pagtitipon, subalit hindi kapani-paniwalang hindi pa rin nila alam na may tiwaling disposisyon sila, at hindi pa natutuklasan na may mga maling perspektiba sila o na ang mga nakalililang nilang perspektiba ay lubos na salungat at kumontra sa mga salita ng Diyos. Ano ang dahilan nito? Ito ang ikatlong dahilan sa likod ng pagtanggig ng mga anticristo na tanggapin ang pagpupungos at ang kawalan ng saloobin ng pagsisisi kapag nakakagawa sila ng anumang kamalian: Tumatanggi silang aminin na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan at ang pamantayan kung saan sinusukat ang lahat ng bagay. Ito ang ugat ng isyu.

Bakit tumatanggi ang mga anticristo na tanggapin ang pagpupungos? Bakit kapag nahaharap sila sa isang bagay, hindi sila nagsisisi, at sa halip ay nagkakalat ng iba't ibang kuru-kuro, at hinuhusgahan pa nga ang Diyos? Napakalinaw ng mga dahilan: Una, hindi kailanman inaamin ng mga anticristo na kaya nilang gumawa ng mali; pangalawa, hindi nila kailanman inaamin na may tiwaling disposisyon sila; ikatlo, tumatanggi silang aminin na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan at ang pamantayan kung saan sinusukat ang lahat ng bagay. Para sa lahat ng hindi tumatanggap ng pagpupungos, ang lahat ng malinaw na nagbubunyag ng tiwaling disposisyon kapag nagkakamali sila, ang lahat ng madalas na nagdudulot ng pinsala sa hinirang na mga tao ng Diyos, na umaantala sa buhay pagpasok ng hindi masabing bilang ng hinirang na mga tao ng Diyos, at nagdudulot ng mga kawalan sa gawain ng sambahayan ng Diyos, kung ang mga taong ito ay walang pagsisisi o walang saloobin ng pagsisisi kapag sila ay pinupungusan, isang bagay ang tiyak, iyon ay na taglay nila ang lahat ng tatlong pagpapamalas na ito ng mga anticristo. Tama? (Tama.) Sa pangkalahatan, may tatlong dahilan kung bakit tumatanggi ang mga anticristo na tanggapin ang pagpupungos. Basahin ninyong muli ang mga ito. (Una, hindi kailanman inaamin ng mga anticristo na kaya nilang gumawa ng mali; pangalawa, hindi nila kailanman inaamin na mayroon silang tiwaling disposisyon; pangatlo, tumatanggi silang aminin na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan at ang pamantayan kung saan sinusukat ang lahat ng bagay.) Mayroong tatlo sa kabuuan. Nagbahaginan tayo nang detalyado sa unang dalawang dahilan. Ang huli ay may kaunting pagkakaiba, pero pagdating sa diwa, ang unang dalawa ay kaugnay ng pagtanggig ng mga anticristo na aminin na ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan, kaya hindi na tayo magbabahaginan sa dahilan na iyon nang mas detalyado. Sige, tapusin natin ang pagbabahaginan natin dito para sa araw na ito. Paalam! (Paalam O Diyos!)

Setyembre 19, 2020

Ikalabindalawang Aytem: Gusto Nilang Umatras Kapag Wala Silang Katayuan o Pag-asang Magkamit ng mga Pagpapala

Ang pagbabahaginan ngayon hinggil sa iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo ay tungkol sa ikalabindalawang aytem: Gusto nilang umatras kapag wala silang katayuan o pag-asang magkamit ng mga pagpapala. Tinatalakay rin ng aytem na ito ang mga disposisyon ng mga anticristo at isa ito sa mga kongkretong pagpapamalas nila. Mula sa isang mababaw na perspektiba, gugustuhin ng isang anticristo na umatras kung wala siyang katayuan o pag-asang magkamit ng mga pagpapala. Kapag wala na ang dalawang bagay na ito sa kanya, gugustuhin na niyang umatras. Mukhang napakadaling maunawaan ng mababaw na kahulugan—parang hindi ito kumplikado o abstrakto, pero ano ang mga espesipikong pagpapamalas dito? Sa madaling salita, anong uri ng mga sitwasyon ang nagiging sanhi para gustuhin ng isang anticristo na umatras dahil sa epekto nito sa kanyang katayuan o pag-asang magkamit ng mga pagpapala? Isa ba itong bagay na nararapat bigyan ng malalimang pagbabahaginan? Kung hihingin sa inyo na ibahagi ang tungkol dito, ano ang masasabi ninyo tungkol sa mga espesipikong detalye at pagpapamalas nito? Maaaring sabihin ng ilang tao, “Napakaraming beses na nating napagbahaginan ang tungkol dito. Mahilig sa katayuan at kapangyarihan ang mga anticristo, ikinasisiya nilang magkaroon ng mataas na katanyagan, at ang layon nila sa pagkakaroon ng pananalig ay ang pagpalain, koronahan at gantimpalaan sila. Kung mabibigo at mawawala ang mga pag-asang ito, mawawalan sila ng ganang manampalataya sa Diyos at hindi na nila gugustuhin pang manalig.” Magiging ganoon lang ba kasimple gaya ng ilang salitang ito ang pagbabahaginan ninyo tungkol dito? (Oo.) Kung ganoon, kung maibubuod ang pagbabahaginanang ito sa pamamagitan ng ilang pahayag na ito, hindi nararapat na magkaroon ng sarili nitong seksyon ang aspektong ito ng mga pagpapamalas ng mga anticristo sa ating serye ng pagbabahaginan patungkol sa mga pagpapamalas ng mga anticristo, ni hindi nito tatalakayin ang anumang partikular na kalikasang diwa. Pero, dahil may kaugnayan ang aytem na ito sa diwa at disposisyon ng mga anticristo, maging sa personal nilang mga paghahangad at perspektiba tungkol sa pag-iral, kung gayon, tiyak na isa itong paksa na maraming aspekto. Kaya, ano ba mismo ang nakapaloob dito? Ibig sabihin, aling mga isyu na kinakaharap ng mga anticristo ang may kaugnayan sa kanilang katayuan at kanilang pag-asang magkamit ng mga pagpapala? Ano ang mga perspektiba, kaisipan, at saloobin nila patungkol sa mga bagay na ito? Siyempre, magkakaroon ng ilang pagkakapareho sa pagitan ng ating pagbabahaginan tungkol sa mga bagay na ito at sa nakaraan nating mga pagbabahaginan tungkol sa mga perspektiba ng mga anticristo patungkol sa iba't ibang isyu, pero ang pokus ng pagbabahaginan ngayon ay naiiba, at tinitingnan nito ang isyu mula sa ibang anggulo. Ngayong araw, espesipiko tayong magbabahaginan tungkol sa mga pagpapamalas na nahahayag kapag nawalan ng katayuan at pag-asang magkamit

ng mga pagpapala ang mga anticristo, na maaaring magpatunay na may hindi tamang perspektiba ang mga anticristo sa likod ng kanilang paghahangad, at na hindi totoo ang pananalig nila sa Diyos; mapapatunayan din ng mga ito na taglay nga ng mga taong ito ang diwa ng isang anticristo.

I. Pagharap ng mga Anticristo sa Pagpupungos

Una, dapat muna nating tingnan ang mga pag-uugaling ipinapamalas ng mga anticristo kapag pinupungusan sila, kung paano nila hinaharap ang ganoong mga sitwasyon, kung ano ang mga saloobin, kaisipan, at perspektiba nila tungkol sa pagpupungos, at kung ano ang espesipiko nilang sinasabi at ginagawa—marapat lang na himayin at suriin natin ang mga bagay na ito. Medyo marami-rami na rin ang napagbahaginan natin tungkol sa mga paksang may kaugnayan sa pagpupungos; isa itong karaniwang paksa kung saan pamilyar kayong lahat. Kapag napungusan na nang ilang beses saka lang makakaranas ng ilang pagbabago ang karamihan sa mga tao—kaya na nilang hanapin ang katotohanan at harapin ang mga bagay-bagay ayon sa prinsipyo kapag ginagampanan ang tungkulin nila, at saka lang magsisimulang muli ang kanilang pananalig, at sasailalim ito sa ilang pagbabago para sa ikabubuti nito. Masasabi na nakatatak sa puso ng bawat tao ang bawat pagkakataon ng mahigpit na pagpupungos; at nag-iiwan ito ng alaalang hindi malilimutan. Siyempre, nag-iiwan din ng di-malilimutang alaala para sa mga anticristo ang bawat pagkakataon na mahigpit silang pinupungusan, pero ano ang mga pinagkaiba nito? Ang saloobin at ang iba't ibang pagpapamalas ng isang anticristo hinggil sa pagpupungos, maging ang kanilang mga kaisipan, perspektiba, ideya, at mga bagay na katulad nito na lumilitaw mula sa sitwasyong ito ay pawang iba kumpara sa isang karaniwang tao. Kapag ang isang anticristo ay pinupungusan, ang unang ginagawa niya ay labanan at tanggihan ito sa kaibuturan ng kanyang puso. Nilalabanan niya iyon. At bakit ganoon? Ito ay dahil ang mga anticristo, sa kanilang kalikasang diwa, ay tutol at namumuhi sa katotohanan, at hindi talaga nila tinatanggap ang katotohanan. Natural, ang diwa at disposisyon ng isang anticristo ay humahadlang sa kanya na aminin ang sarili niyang mga pagkakamali o aminin ang sarili niyang tiwaling disposisyon. Batay sa dalawang katunayang ito, ang saloobin ng isang anticristo kapag pinupungusan ay ang tanggihan at salungatin ito, nang ganap at lubusan. Kinasusuklanan at nilalabanan niya iyon sa kaibuturan ng kanyang puso, at wala siya ni katiting na bahid ng pagtanggap o pagpapasakop, lalo na ng anumang tunay na pagninilay o pagsisisi. Kapag ang isang anticristo ay pinupungusan, sinuman ang gumagawa niyon, tungkol saan man iyon, gaano man katindi ang dahilan kaya siya ang sinisisi sa bagay na iyon, gaano man kalantad ang pagkakamali niya, gaano kalaki ang kasamaang nagawa niya, o ano ang ibinubunga ng kanyang kasamaan para sa gawain ng iglesia—hindi isinasaalang-alang ng anticristo ang alinman dito. Para sa isang anticristo, pinupuntirya siya ng nagpupungos sa kanya, o hinahanapan siya ng mali para pahirapan siya. Maaari pa ngang isipin ng anticristo na inaapi siya at ipinapahiya, na hindi siya itinatrato bilang tao,

at na hinahamak siya at kinukutya. Matapos pungusan ang isang anticristo, hindi niya pinagninilayan kailanman kung ano talaga ang nagawa niyang mali, anong uri ng tiwaling disposisyon ang naipakita niya, at kung hinanap niya ba ang mga prinsipyo kung saan siya dapat tumalima, kung kumilos ba siya alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo, o tinupad ang kanyang mga responsabilidad hinggil sa usapin kung saan siya pinupungusan. Hindi niya sinusuri o pinagninilayan ang alinman dito, ni hindi niya isinasaalang-alang at pinag-iisipan ang mga isyung ito. Sa halip, tinatrato niya ang pagpupungos ayon sa sarili niyang kagustuhan at nang may pagkamainitin ng ulo. Sa tuwing pinupungusan ang isang anticristo, mapupuspos siya ng galit, pagsuway, at sama ng loob, at hindi makikinig sa payo ng sinuman. Hindi niya tinatanggap ang mapungusan, at hindi niya nagagawang bumalik sa harap ng Diyos para kilalanin at pagnilayan ang kanyang sarili, para itama ang kanyang mga kilos na labag sa mga prinsipyo, tulad ng pagiging pabasta-basta o panggugulo sa kanyang tungkulin, ni hindi niya ginagamit ang pagkakataong ito para lutasin ang kanyang sariling tiwaling disposisyon. Sa halip, naghahanap siya ng mga dahilan para ipagtanggol ang kanyang sarili, para mapawalang-sala ang sarili niya, at magsasabi pa nga siya ng mga bagay na nagpapasimula ng alitan at nag-uudyok sa iba. Sa madaling salita, kapag pinupungusan ang mga anticristo, ang mga espesipiko nilang pagpapamalas ay pagsuway, pagkadismaya, paglaban, at pagsalungat, at nagkakaroon ng ilang reklamo sa puso nila: “Napakalaki ng kabayaranang ibinigay ko at napakarami ko nang nagawang trabaho. Kahit na hindi ko sinunod ang mga prinsipyo o hinanap ang katotohanan sa ilang bagay, hindi ko ginawa itong lahat para lang sa sarili ko! Kahit na nakapagdulot pa ako ng ilang pinsala sa gawain ng iglesia, hindi ko sinadyang gawin iyon! Sino ba ang hindi nagkakamali? Hindi ninyo puwedeng sunggaban ang mga pagkakamali ko at walang-tigil akong pungusan nang hindi isinasaalang-alang ang mga kahinaan ko, at nang walang pagmamalasakit sa lagay ng loob ko o sa kumpiyansa ko sa sarili ko. Walang pagmamahal ang sambahayan ng diyos para sa mga tao at sobra itong hindi makatarungan! Bukod pa roon, pinupungusan ninyo ako dahil sa isang napakaliit na pagkakamali—hindi ba’t nangangahulugan itong hindi maganda ang tingin ninyo sa akin at gusto ninyo akong itiwag?” Kapag pinupungusan ang mga anticristo, ang unang nasa isip nila ay hindi ang pagnilayan kung ano ang nagawa nilang mali o ang tiwaling disposisyong ibinunyang nila, kundi ang makipagtalo, ipaliwanag at pangatwiranang ang sarili nila, habang bumubuo ng mga haka-haka. Anong mga haka-haka? “Napakalaki ng halagang ibinayad ko sa paggampan ng tungkulin ko sa sambahayan ng diyos para lang mapungusan. Mukhang wala na masyadong natitirang pag-asa na magkamit ako ng mga pagpapala. Posible kayang ayaw ng diyos na gantimpalaan ang mga tao, kaya ginagamit niya ang pamamaraang ito para ibunyang ang mga tao at itiwag sila? Bakit kailangan kong magsumikap kung wala namang pag-asang magkamit ng mga pagpapala? Bakit kailangan kong pagtiisan ang mga paghihirap? Bilang wala namang pag-asang magkamit ng mga pagpapala, hindi na lang siguro ako dapat manampalataya talaga! Hindi ba’t ang layon ng pananampalataya

sa diyos ay ang magkamit ng mga pagpapala? Kung wala namang pag-asa sa bagay na iyon, bakit kailangan ko pang gugulin ang sarili ko? Dapat siguro tumigil na lang ako sa pananampalataya at tapusin na ito? Kung hindi ako mananampalataya, mapupungusan mo pa rin ba ako? Kung hindi ako mananampalataya, hindi mo ako mapupungusan.” Sadyang hindi kayang tanggapin ng mga anticristo na pungusan sila ng Diyos. Hindi nila kayang tumanggap at sumunod sa pamamagitan ng isang wastong pananaw at saloobin. Hindi nila kayang pagnilayan ang kanilang sarili sa pamamagitan nito at unawain ang mga tiwaling disposisyon nila nang sa gayon ay malinis ang mga tiwaling disposisyon nila. Sa halip, gamit ang isang mababaw at makitid na isip, pinagpapalagay at pinag-aaralan nila ang layon ng pagkakapungos sa kanila. Pinapanood nilang mabuti ang takbo ng sitwasyon, pinapakinggan ang tono ng mga tao kapag nagsasalita ang mga ito, inoobserbahan kung paano sila tinitingnan ng mga tao sa paligid nila, kung paano magsalita ang mga ito sa kanila, at saloobin ng mga ito, at ginagamit ang mga bagay na ito para kumpirmahin kung may anumang pag-asa ba silang pagpalain o kung talaga bang nabunyag at natiwalag na sila. Ang isang simpleng pagkakataong pinungusan sila ay nagdudulot ng ganoon katinding gulo at matinding pagmumuni-muni sa puso ng mga anticristo. Sa tuwing pinupungusan sila, ang una nilang reaksiyon ay pagkamuhi, at sa mga puso nila, tutol sila rito, tinatanggihan nila ito, at nilalabanan ito, bago pa man nila suriin ang pananalita at ekspresyon ng mukha ng mga tao, sinusundan ng pakikisangkot sa mga haka-haka. Ginagamit nila ang mga utak nila, ang kaisipan nila, at ang maliit na katusuhan nila para panoorin ang takbo ng sitwasyon, obserbahan kung paano sila tingnan ng mga tao sa paligid nila, at pakiramdaman ang saloobin ng mga mas mataas na lider sa kanila. Mula sa mga bagay na ito, hinuhusgahan nila kung gaano pa kalaking pag-asa ang mayroon sila para pagpalain, kung may katiting ba silang pag-asang pagpalain, o kung nabunyag at natiwalag ba talaga sila. Kapag nasusukol sila, sinisimulan muli ng mga anticristo na saliksikin ang mga salita ng Diyos, sinusubukang makahanap sa mga salita ng Diyos ng tumpak na batayan, ng katiting na pag-asa, at ng makakapitan. Kung, matapos silang mapungusan, damayan at suportahan sila ng isang tao at tulungan sila nang may mapagmahal na puso, ipinararamdam ng mga bagay na ito na itinuturing pa rin silang miyembro ng sambahayan ng Diyos, naniniwala silang may pag-asa pa ring pagpalain sila, na matibay pa rin ang pag-asa nila, at itataboy nila ang anumang kaisipang umatras. Gayumpaman, sa sandaling mabaligtad na ang sitwasyon, kung saan makikita nila na lumiit at naglaho na ang pag-asa nilang pagpalain, ang unang reaksiyon nila ay: “Kung hindi ako makakapagtamo ng mga pagpapala, hindi na ako mananampalataya sa diyos. Sinuman ang gustung-gustong manampalataya sa diyos ay maaaring manampalataya sa kanya, pero sa anu’t anupaman hindi ko matatanggap na pungusan mo ako, at mali ang lahat ng sinasabi mo kapag pinupungusan mo ako. Ayaw kong marinig ito, ayaw ko itong pakinggan, at hindi ko tatanggapin pungusan ako kahit na sabihin mo pang ito ang pinakakapaki-pakinabang na bagay para sa isang tao!” Kapag nakikita nilang

naglalaho na ang pag-asa nilang pagpalain, kapag nakikita nilang mabibigo at mawawala na ang matagal na nilang hinahangad na katayuan at mga pangarap na makapasok sa kaharian ng langit, hindi nila iniisip na baguhin ang paraan ng paghahangad nila o baguhin ang mga layong hinahangad nila, kundi iniisip nilang umalis at umatras, ayaw na nilang manampalataya sa Diyos, at iniisip nilang wala na silang pag-asang pagpalain sa pananampalataya nila sa Diyos. Para sa mga anticristo, kung wala na ang kanilang mga pantasya at pag-asa sa mga gantimpala, pagpapala, at koronang gusto nilang matamo nang magsimula silang manampalataya sa Diyos, naglalaho ang motibasyon nilang manampalataya sa Diyos, gayundin ang kanilang motibasyong gugulin ang sarili nila para sa Diyos at gampanan ang tungkulin nila. Kapag wala na ang motibasyon nila, ayaw na nilang manatili sa iglesia, na magpatuloy pa sa ganitong paraan, at gusto na nilang abandonahin ang kanilang tungkulin at iwan ang iglesia. Ito ang pawang iniisip ng mga anticristo kapag pinupungusan sila, at ganap na nasisiwalat ang kalikasang diwa nila. Sa kabuuan, kapwa sa sinasabi nila at sa ginagawa nila, hindi kailanman tinatanggap ng mga anticristo ang katotohanan. Ano ang isang disposisyong hindi tumatanggap sa katotohanan? Hindi ba't pagtutol ito sa katotohanan? Iyon nga mismo ito. Ang simpleng bagay na mapungusan, sa sarili nito, ay napakadaling tanggapin. Una, walang masamang hangarin sa parte ng taong pumupungos sa kanila; pangalawa, tiyak na, kung titingnan ang mga bagay kung saan pinupungusan ang mga anticristo, malamang na sinalungat nila ang mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos, at sinalungat ang mga katotohanang prinsipyo, na may kamalian o may nakaligtaan sa gawain nila na nakapagdulot ng pagkagambala at kaguluhan sa gawain ng iglesia. Pinupungusan sila dahil sa karumihan ng kalooban nila bilang tao, dahil sa tiwaling disposisyon nila, at dahil kumikilos sila nang walang pakundangan dahil sa kawalan ng pagkaunawa sa mga katotohanang prinsipyo. Ito ay isang napakanormal na bagay. Sa buong mundo, may mga panuntunan at regulasyon ang anumang malaking organisasyon, anumang grupo o kumpanya, at ang sinumang lalabag sa mga panuntunan at regulasyong ito ay dapat maparusahan at maituwid. Normal lang talaga ito, at tama lang. Gayumpaman, itinuturing ng isang anticristo ang tamang pagtutuwid bunga ng kanyang paglabag sa mga panuntunan at regulasyon bilang paggawang mahirap ng mga bagay para sa kanya ng iba, pagpapahirap sa kanya, paghahanap ng mali sa kanya, at pagdudulot ng problema sa kanya. Ganoon ba ang saloobin ng pagtanggap sa katotohanan? Napakalinaw namang hindi. Kung walang saloobin ng pagtanggap sa katotohanan, posible ba para sa isang taong kagaya nito na maiwasang magkamali at magdulot ng mga pagkagambala at kaguluhan sa paggawa niya ng tungkulin niya? Tiyak na hindi. Nababagay bang gumampan ng isang tungkulin ang ganitong uri ng tao? Sa tumpak na pananalita, hindi. Malamang na walang kakayahan ang ganitong klase ng tao sa anumang gawain.

Ang pagganap sa tungkulin ay isang oportunidad na ibinibigay ng Diyos sa hinirang na mga tao. Niya nang sa gayon ay masanay nila ang kanilang mga sarili, pero hindi alam ng mga tao kung paano ito pahalagahan. Sa halip, kapag pinupungusan sila,

nagmamaktol sila; nilalabanan nila ito at nag-iingay laban dito; ayaw nilang sumunod at nagagalit sila. Na para bang mga santo sila na hindi kailanman nakagawa ng mga pagkakamali. Sino sa mga tiwaling tao ang hindi nagkakamali? Napakanormal na bagay ang magkamali. Pasalita ka lang pinupungusan ng sambahayan ng Diyos, hindi ka nito pinapanagot o kinokondena dahil dito, lalo namang hindi ka nito sinusumpa. Minsan, posibleng medyo marahas ang pagpupungos na ito, maaaring matalas o di-kaaya-ayang pakinggan ang mga salita, at puwedeng masaktan ang damdamin mo. Iyong mga nakapagdulot ng pinsala sa mga pananalapi o kagamitan ng sambahayan ng Diyos ay didisiplinahin ng sambahayan ng Diyos gamit ang mga multa o sa pamamagitan ng paghingi ng bayad-pinsala—mabibilang ba iyon na marahas? O maituturing ba itong wasto? Hindi ka hinihingan na magbayad nang doble, ni hindi ka kinikikilan, kailangan mo lang bayaran ang ganoon ding halaga. Hindi ba't wasto lang naman talaga iyon? Mas magaan pa ito kaysa sa mga multang hinihingi sa ilang bansa sa mundo. Sa ilang lungsod, pagmumultahin ka nang mabigat dahil lang sa pagdura sa lupa o pagkakalat ng basurang papel. Masusuway mo ba ito, o makakatanggi ka bang bayaran ang multa? Kung tatanggi ka, malamang na makukulong ka, at magkakaroon pa ng lalong mabibigat na parusang naaayon sa batas. Ganoon talaga ang sistema. Hindi ito nauunawaan ng ilang tao, at iniisip nilang masyadong marahas na pungusan ng sambahayan ng Diyos ang mga tao sa ganitong paraan, at ang ituwid ang mga tao nang ganito ay masyadong malupit. Kung pupungusan ang ganoong mga tao sa medyo mas marahas na paraan, at masugatan ang kanilang pride at mabulabog ang sataniko nilang kalikasan, pakiramdam nila ay hindi ito mapagtitiisan, at hindi ito tumutugon sa kanilang mga kuru-kuro. Naniniwala silang, dahil sambahayan ito ng Diyos, hindi dapat tratuhin ang mga tao sa ganitong paraan, na dapat maging mapagparaya at mapagpasensya ang sambahayan ng Diyos sa bawat pagkakataon, at hayaan ang mga tao na kumilos nang walang pakundangan at gawin kung ano ang maibigan nila. Iniisip nila na ang lahat ng ginagawa ng mga tao ay mabuti, at dapat itong tandaan ng Diyos. Makatwiran ba ito? (Hindi.) Anong kalikasang diwa ba ang taglay ng mga tao? Tunay bang tao sila? Sa mas eleganteng pananalita, sila ay mga Satanas at diyablo. Sa mas magaspang na pananalita, sila ay mga hayop. Hindi alam ng mga tao ang mga tuntunin kung paano umasal, lubha silang salaula, at saka tamad, mahilig sa kalayawan at ayaw naman sa mabigat na trabaho, at gusto nilang nag-aamok at gumagawa ng masasamang bagay. Ang pinakamalala pa rito, laging nais ng karamihan sa mga gumaganap ng tungkulin sa sambahayan ng Diyos na bitbit-bitbit nila ang mga pilosopiya ng sekular na mundo para sa mga makamundong pakikitungo, pamamaraan, at masasamang kalakaran. Ibinubuhos pa nga nila ang kanilang enerhiya sa pananaliksik, pag-aaral, at panggagaya sa mga bagay na ito, at bunga nito, nakalilikha sila ng ligalig at kaguluhan sa ilang gawain ng sambahayan ng Diyos. Hindi ito matitiis ng lahat, at sinasabi pa nga ng ilang kapatid na bago sa pananalig na hindi relihiyoso ang mga taong ito, na naaayon sa mga makamundong kalakaran ang mga kilos nila, at malayong-malayo ang mga ito sa mga

kilos ng isang Kristiyano—hindi matanggap kahit ng mga bagong mananampalatayang ito ang mga kilos ng mga taong ito. Ang mga taong ito ay nagbabayad ng kaunting halaga, may kaunting sigla, at kakaunting motibasyon at kabutihang-loob, at dinadala nila sa loob ng sambahayan ng Diyos ang anumang walang katuturang bagay na natutunan nila, at ginagamit nila ito sa kanilang tungkulin at gawain, at bunga nito, nagdudulot sila ng mga paggambala at panggugulo sa gawain ng iglesia, at napupungusan sila sa bandang huli. Hindi ito nauunawaan ng ilang tao: “Hindi ba’t sinabi ng Diyos na tatandaan Niya ang mabubuting gawa ng mga tao? Kung gayon, bakit ako pinupungusan dahil sa pagganap ko sa aking tungkulin? Bakit hindi ko ito maunawaan? Paano ba natutupad ang mga salita ng Diyos? Maaari nga kayang mga walang laman at matatayog-pakinggang salita lang ang lahat ng iyon?” Kung gayon, bakit hindi ka magnilay-nilay kung mabubuting gawa ba na nararapat tandaan ang mga ginawa mo? Ano ba ang hiningi ng Diyos sa iyo? Nakakatugon ba sa wastong-asal ng mga banal ang tungkuling ginampanan mo, ang gawaing ginawa mo, at ang mga ideya at suhestiyong ibinigay mo? Umaayon ba ang mga ito sa mga hinihinging pamantayan ng sambahayan ng Diyos? Naisip mo ba ang tungkol sa patotoo ng Diyos, at pangalan ng Diyos? Isinaalang-alang mo ba ang reputasyon ng sambahayan ng Diyos? Isinaalang-alang mo ba ang wastong-asal ng mga banal? Kinikilala mo bang isa kang Kristiyano? Hindi mo isinaalang-alang ang alinman dito, kaya ano ba talaga ang nagawa mo? Nararapat bang tandaan ang mga ginawa mo? Ginulo mo ang gawain ng iglesia, at pinungusan ka lang ng sambahayan ng Diyos, nang hindi binabawi ang kalipikasyon mong gumanap ng tungkulin. Ito ang pinakadakilang pag-ibig, ang pinakatotoong pagmamahal. Gayumpaman, naiinis ka. May kahit anong dahilan ka ba para mainis? Sobrang wala ka sa katwiran!

May ilang tao na dalawa o tatlong taon pa lang nananampalataya sa Diyos, at ang mga kilos nila, ang paraan kung paano sila magsalita at tumawa, at ang mga pananaw na ibinubunyag nila, maging ang mga ekspresyon ng mukha nila at galaw kapag nakikipag-usap sila sa iba ay hindi kaaya-aya, at ipinapakita ng mga ito na lubos silang mga hindi mananampalataya at walang pananampalataya. Dapat ituwid ang mga taong ito, dapat silang pungusan, at dapat silang latagan ng mga tuntunin, para malaman nila kung ano ba ang normal na pagkatao, kung ano ba ang kagandahang-asal ng isang banal, at kung paano dapat kumilos ang isang Kristiyano, at para matutunan nila kung paano umasal, at magkaroon ng wangis ng tao. May ilan na walo o 10 taon nang nananampalataya sa Diyos, o higit pa nga, pero kung titingnan ang mga kaisipan at perspektiba nila, mga salita at kilos, at ang paraan kung paano nila harapin ang mga bagay-bagay at ang mga ideyang naiisip nila kapag may mga nangyayari sa kanila, malinaw na sadyang sila ay walang pananampalataya at sila ay hindi mananampalataya. Marami-rami na ring sermon ang napakinggan ng mga taong ito, at may karanasan at pagkaunawa naman sila; nakasalamuha na nila nang husto ang kanilang mga kapatid, at may sarili na dapat silang pang-araw-araw na pananalita, pero hindi magawa ng karamihan sa kanila na magbahagi ng patotoo, at kapag nagsasalita sila at ipinapahayag

nila ang kanilang mga pananaw, lubos na napakasimple ng pananalita nila, at wala silang maipaliwanag nang malinaw. Tunay ngang mahirap, kaawa-awa, at bulag sila—malinaw na nakakaawa talaga ang ekspresyon nila. Kapag gumanap ng tungkulin at humawak ng kaunting responsabilidad ang ganoong tao, lagi itong mapupungusan. Hindi ito maiiwasan. Bakit siya pupungusan? Ito ay dahil masyadong nilalabag ng mga kilos niya ang mga katotohanang prinsipyo; ni hindi niya maabot ang konsensiya at katwiran ng mga normal na tao, at nagsasalita at kumikilos siya gaya ng mga walang pananampalataya, na para bang kinuhang magtrabaho ang isang walang pananampalataya para gawin ang gawain ng sambahayan ng Diyos. Kaya, kumusta naman ang kalidad ng kinalabasang gawain ng mga taong ito sa pagganap nila sa kanilang mga tungkulin? Ano ang halaga nito? May anumang bahagi ba sila na mapagpasakop? Hindi ba't masyado silang maraming problema at nagdudulot lang sila ng mga pagkagambala at kaguluhan? (Oo.) Kung gayon, hindi ba't dapat pungusan ang mga taong ito? (Oo.) Nagsusulat ng mga iskrip ang ilang tao tungkol sa buhay ng isang Kristiyano, tungkol sa kung paano pinagdaraan ng bida sa pag-uusig, kapighatian, at iba't ibang sitwasyon, at kung paano nito nararanasan ang mga salita ng Diyos. Pero, sa buong kuwento, napakadalang manalangin ng bida, at paminsan kapag nahaharap siya sa isang bagay, ni hindi nito alam kung ano ang dapat sabihin sa panalangin. Dati, iyon at iyon din ang isinusulat ng ilang tao para sa mga panalangin; kapag naharap ang bida sa isang bagay, ipapanalangin niya: "O Diyos, masamang-masama ang loob ko ngayon! Napakamiserable ko, sobrang napakamiserable! Pakigabayan nawa ako at bigyan ako ng kaliwanagan." Nagsulat lang sila ng mga walang kuwentang salitang gaya ng mga ito, pero sa harap ng ibang pangyayari, ng ibang sitwasyon, ng ibang lagay ng loob, hindi alam ng bida kung paano manalangin at wala siyang anumang masabi. Napapaisip tuloy Ako, kung inilalarawan ng mga taong ito ang bida nila na hindi nanalangin kapag nasusuong sa mga problema, sila ba mismo, ugali ba nilang manalangin? Kung hindi sila nanalangin kapag may kinakaharap sila, sa ano sila umaasa sa pang-araw-araw nilang buhay at sa pagganap ng kanilang tungkulin? Ano ang iniisip nila? Nasa puso ba nila ang Diyos? (Wala ang Diyos sa puso nila. Umaasa sila sa sarili nilang pag-iisip at mga kaloob sa mga bagay na ginagawa nila.) Napupungusan tuloy sila bunga nito. Sa palagay ninyo, paano Ko tatasahin ang bagay na ito? Dapat pungusan ang mga taong kagaya nito. Ang mga taong ito, na walang progreso, na may mga utak pero walang mga puso, ay ilang taon nang mga mananampalataya, pero wala silang ideya kung ano ang sasabihin nila sa mga panalangin kapag nahaharap sa isang isyu; wala silang masabi sa Diyos, ni hindi sila marunong magtapat ng saloobin nila sa Diyos, at wala silang taos-pusong pakikipag-usap sa Diyos. Ang Diyos ang Siyang pinakamalapit sa iyo, ang Siyang pinakakarapat-dapat sa pagtiwala at pagsandal mo, pero wala kang kahit anong masabi sa Kanya—puwes, para kanino mo inilalaan ang pinakamalalalim mong saloobin? Kahit na para kanino pa ito, kung wala kang anumang masabi sa Diyos, kung gayon, anong klaseng tao ka? Hindi ba't isa kang taong lubhang walang pagkatao?

Kung walang nakalagay sa script tungkol sa pagkatao ng bida, sa buhay nito bilang isang mananampalataya, at kung paano nito nararanasan ang mga salita ng Diyos, at iba pa, kung isa lang itong walang katuturang iskrip, ano kung gayon ang gusto mong ipakita sa mga tao sa paggawa ng pelikulang ito? Ano ang kabuluhan ng iskrip na iyan na sinusulat mo? Nagpapatotoo ka ba sa Diyos, o sa kaunting kaalaman at edukasyong mayroon ka? Ang pinakakongkretong ebidensiya para sa patotoo sa Diyos ay kung paano nananalangin at naghahanap ang isang tao, at kung paano nagbabago ang kanyang mga ideya, saloobin, perspektiba, at ang kanyang mga kaisipan tungkol sa Diyos, kapag may nangyayari sa kanya, o kapag nasusuong siya sa mga paghihirap. Sa kasamaang-palad, walang kahit anong pagkaunawa ang ilang tao tungkol dito. Hindi pa rin sila marunong manalangin matapos ang ilang taong pananalig—hindi nakapagtatakwag wala pa rin silang progreso. Hindi umunlad ang mga propesyonal nilang kasanayan, at wala silang naging progreso sa buhay pagpasok nila. Hindi ba't dapat pungusan ang ganoong mga tao? Kaya, may pangyayari na noon na nagiging dahilan kung bakit pinupungusan ang mga tao. Kung tatanggi kayong mapungusan, o hindi kayo mapupungusan, magiging mapanganib ang kahirinatnan nito at ang kalalabasan ninyo. Mapalad kayo na may mga taong pupungos at didisiplina sa inyo ngayon. Ang kamangha-mangha, at kapaki-pakinabang na bagay na ito ay isang bagay na hindi kayang tanggapin ng mga anticristo. Iniisip nila na kapag pinungusan sila, nangangahulugan itong tapos na sila, na wala na silang pag-asa, at nakikita na nila kung ano ang kalalabasan nila. Iniisip nila na ang mapungusan ay nagpapakita na hindi na sila pinapahalagahan, at hindi na sila paborito ng ang Itaas, at malamang na matiwalag na sila. Pagkatapos, nawawalan na sila ng motibasyon sa pananalig nila at nagsisimula silang magplanong lumabas sa mundo at kumita ng maraming pera, sumunod sa mga makamundong kalakaran, kumain, uminom, at magpakasaya, at nagsisimulang lumitaw ang mga pakana nila. Nalalagay tuloy sila sa panganib, at ang susunod nilang hakbang ang magtutulak sa kanilang lumampas sa hangganan, at lisanin ang sambahayan ng Diyos.

Kapag may katayuan at kapangyarihan ang isang anticristo sa sambahayan ng Diyos, kapag kaya niyang sunggaban at samantalain ang bawat pagkakataon, kapag tinitingala at binobola siya ng mga tao, at kapag tila abot-kamay lang niya ang mga pagpapala at gantimpala, at ang isang magandang hantungan, kung gayon, sa panlabas ay mukhang nag-uumapaw siya sa pananalig sa Diyos, sa mga salita ng Diyos at Kanyang mga pangako sa sangkatauhan, at sa gawain at kinabukasan ng sambahayan ng Diyos. Subalit, pagkapungos na pagkapungos sa kanya, kapag nalagay sa alanganin ang pagnanais niyang pagpalain, saka siya nagkakaroon ng mga hinala at maling pagkaunawa patungkol sa Diyos. Sa isang kisapmata, naglalahi ang tila masagana niyang pananalig, at hindi na ito masumpungan. Ni hindi na siya makahugot ng lakas para lumakad o magsalita man lang, nawawalan na siya ng ganang gawin ang tungkulin niya, at nawawala na ang lahat ng kanyang sigla, pagmamahal at pananalig. Nawala na ang katiting na kabutihang-loob na mayroon siya, at hindi na niya pinapansin ang

sinumang nakikipag-usap sa kanya. Bigla siyang nagbabago na para bang ganap na ibang tao na siya. Nabunyag na siya, hindi ba? Kapag pinanghahawakan ng ganoong tao ang pag-asa niyang pagpalain, mukha siyang hindi mauubusan ng lakas, at mukhang tapat siya sa Diyos. Kaya niyang bumangon nang maaga at magpuyat sa pagtatrabaho, at nagagawa niyang magdusa at magbayad ng halaga. Pero kapag nawalan na siya ng pag-asang pagpalain, para siyang isang umimpis na lobo. Gusto na niyang baguhin ang kanyang mga plano, maghanap ng ibang landas, at isuko ang pananalig niya sa Diyos. Nasisiraan siya ng loob at nadidismaya siya sa Diyos, at napupuno siya ng mga hinanakit. Ito ba ang pagpapahayag ng isang taong naghahangad at nagmamahal sa katotohanan, ng isang taong may pagkatao at integridad? (Hindi.) Nasa panganib siya. Kapag may nakaharap kayong ganitong uri ng tao, kung nagagawa naman niyang magserbisyo, maging banayad kayo kapag pinupungusan ninyo siya, at mag-isip kayo ng ilang masasarap-pakinggang salita na magagamit para purihin siya. Bolahin ninyo siya at paypayan ang kahambugan niya, at pagkatapos ay magiging masaya at masigla siya. Puwede kang magsabi ng mga bagay tulad ng, “Lubos kang pinagpala, may ningning sa mga mata mo, at nakikita kong may lakas kang di-nauubos, at siguradong magiging sandigan ka sa sambahayan ng Diyos. Hindi puwedeng wala ka sa kaharian ng Diyos, at kung wala ka, mapipinsala ang gawain ng sambahayan ng Diyos. Pero may isa ka lang maliit na kapintasan. Mapagtatagumpayan mo ito sa pamamagitan ng kaunting tiyaga at kapag naayos mo na iyon, magiging ayos na ang lahat, at tiyak na mapapasaiyo ang pinakadakilang korona sa lahat.” Kapag may ginawang mali ang ganitong tao, puwede mo siyang pungusan nang harap-harapan. Paano mo iyon dapat gawin? Sabihin mo lang, “Napakatalino mo. Paano mo nagawang magkamali nang ganoon kasimple? Hindi dapat nangyari iyon! Ikaw ang may pinakamahusay na kakayahan at ikaw ang pinakaedukado sa pangkat natin, at ikaw ang pinakatanyag sa atin. Hindi dapat ikaw ang siyang nakagawa ng ganitong pagkakamali—nakakahiya naman! Tiyakin mong hindi na mauulit ang ganitong pagkakamali, dahil kung hindi ay siguradong magiging masakit ito sa Diyos. Kapag inulit mo pa ito, sisirain nito ang reputasyon mo. Hindi ko ito sasabihin sa iyo sa harapan ng lahat—lihim ko itong ipinapaalam sa iyo para hindi magkaroon ng anumang ideya ang mga kapatid tungkol sa iyo. Gusto ko lang matiyak na hindi ka mapapahiya, at isinasaalang-alang ko ang damdamin mo, hindi ba? Tingnan mo nga, hindi ba’t mapagmahal ang sambahayan ng Diyos?” Pagkatapos ay sasabihin niyang, “Oo.” “Ano na ang kasunod?” At sasagot siya, “Pagbutihan pa ang trabaho!” Ano ang tingin ninyo sa pagtrato nang ganoon sa kanila? Gusto lang ng ganoong klase ng tao na magkamit ng mga pagpapala sa pamamagitan ng pagtatrabaho, hindi niya kailanman hinahanap ang mga katotohanang prinsipyo sa mga salita o kilos niya, at hindi niya tinatanggap ang katotohanan sa anupamang paraan. Hindi niya kailanman iniisip kung dapat ba niyang sabihin ang mga sinasabi niya o gawin ang mga ginagawa niya, ni hindi niya isinasaalang-alang ang mga kahihinatnan ng mga ginagawa niya, ni hindi siya nananalangin, nagbubulay-bulay, naghahanap o nakikipagbahaginan.

Ginagawa lang niya ang mga bagay ayon sa sarili niyang mga ideya, at ginagawa niya ang anumang maibigan niya. Kapag pinipinsala ng isang tao ang kanyang pride o mga interes sa pamamagitan ng isang bagay na sinabi o ginawa nito, isinisiwalat ang mga kapintasan o problema niya, o nagbibigay ng makatwirang suhestiyon sa kanya, umuusok siya sa galit, nagtatanim ng sama ng loob, at gusto niyang maghiganti, at sa mas malalalang kaso, gusto na niyang talikuran ang kanyang pananalig at iulat ang iglesia sa malaking pulang dragon. May paraan tayo para harapin ang ganitong uri ng tao, at iyon ay ang iwasang pungusan siya, at sa halip ay palayawin na lang siya.

Katatapos lang nating magbahaginan tungkol sa kung paanong kapag pinupungusan ang mga anticristo, lagi nila itong iniuugnay sa mga pag-asa nilang magkamit ng mga pagpapala. Ang saloobin at pananaw na ito ay mali, at mapanganib. Kapag may tumutukoy sa mga kapintasan o problema ng isang anticristo, pakiramdam nila ay nawalan na sila ng pag-asang magkamit ng mga pagpapala; at kapag pinupungusan sila, o dinidisciplina, o sinasaway, pakiramdam din nila ay nawalan na sila ng pag-asang makapagtamo ng mga pagpapala. Sa sandaling hindi umayon ang isang bagay sa gusto nila o sa kanilang mga kuru-kuro, sa sandaling mailantad sila at mapungusan, na sa pakiramdam nila ay nasaktan ang kanilang pagpapahalaga sa sarili, iniisip nila kaagad kung wala na ba silang pag-asang makapagkamit ng mga pagpapala. Hindi ba't napakasensitibo nila? Hindi ba't sobra-sobra ang pagnanais nilang magkamit ng mga pagpapala? Sabihin mo sa Akin, hindi ba nakakaawa ang gayong mga tao? (Oo nga.) Talagang nakakaawa sila! At sa anong paraan sila nakakaawa? May kaugnayan ba ang pagkakamit ng mga pagpapala ng isang tao sa pagpupungos sa kanya? (Wala.) Walang kaugnayan ang mga iyon sa isa't isa. Kung gayon, bakit kaya pakiramdam ng mga anticristo ay nawalan na sila ng pag-asang magkamit ng mga pagpapala kapag pinupungusan sila? Hindi ba't may kinalaman ito sa kanilang hinahangad? Ano ang kanilang hinahangad? (Magkamit ng mga pagpapala.) Hindi nila binibitiwan ang kanilang pagnanais at intensyong magkamit ng mga pagpapala. Layon na nilang magkamit ng pagpapala sa simula pa lang ng kanilang pananampalataya sa Diyos, at bagama't maraming sermon na ang napakinggan nila, kailanman ay hindi nila tinanggap ang katotohanan. Hindi nila kailanman isinuko ang kanilang pagnanais at intensyong magkamit ng mga pagpapala. Hindi pa nila naituwid o nabago ang kanilang mga pananaw tungkol sa pananampalataya sa Diyos, at ang kanilang intensyon sa paggawa sa kanilang tungkulin ay hindi pa nagagawang dalisay. Lagi nilang ginagawa ang lahat ng bagay habang mahigpit silang nakakapit sa kanilang pag-asa at intensyong magkamit ng mga pagpapala, at sa huli, kapag malapit nang mawasak ang pag-asa nilang magkamit ng mga pagpapala, sumisiklab ang galit nila, at buong pait na nagrereklamo, na sa wakas ay inilalantad ang pangit na kalagayan ng kanilang pagdududa sa Diyos at pagtanggì sa katotohanan. Hindi ba't hinahanap nila ang kamatayan? Gayon ang di-maiiwasang kahihinatnan ng hindi man lang pagtanggap ng mga anticristo sa katotohanan, ni ng pagtanggap sa pagpupungos. Sa karanasan nila sa gawain ng Diyos, nalalaman ng lahat ng hinirang

na mga tao ng Diyos na ang paghatol ng Diyos, pagkastigo, at ang Kanyang pagpupungos ay Kanyang pagmamahal at mga pagpapala—subalit naniniwala ang mga anticristo na sinasabi lamang ito ng mga tao, at hindi sila naniniwala na ito ang katotohanan. Kaya, hindi nila itinuturing na mga aral na dapat matutuhan ang pagpupungos, ni hindi nila hinahanap ang katotohanan o pinagninilayan ang kanilang sarili. Bagkus, naniniwala sila na ang pagpupungos ay nagmumula sa kagustuhan ng tao, na iyon ay sadyang pagpapahirap, batbat ng mga intensyon ng tao, at tiyak na hindi nagmumula sa Diyos. Pinipili nilang labanan at balewalain ito, at pinag-aaralan pa kung bakit sila tinatrato nang gayon ng isang tao. Hindi talaga sila nagpapasakop. Iniuugnay nila ang lahat ng nangyayari sa pagganap ng kanilang tungkulin sa pagkakamit ng mga pagpapala at gantimpala, at itinuturing nilang pinakamahalagang hangarin sa kanilang buhay ang pagkakamit ng mga pagpapala, gayundin ang sukdulan at pinakamataas na layon ng pananampalataya nila sa Diyos. Mahigpit silang kumakapit sa kanilang intensyong magkamit ng mga pagpapala, paano man nagbabahagi ang sambahayan ng Diyos tungkol sa katotohanan, at hindi ito binibitiwan, iniisip na ang pananampalataya sa Diyos na hindi alang-alang sa pagkakamit ng mga pagpapala ay kahangalan at kalokohan, na isang malaking kawalan iyon. Iniisip nila na sinumang isinusuko ang hangarin nilang magkamit ng mga pagpapala ay nalinlang, na isang hangal lamang ang isusuko ang pag-asang makapagkamit ng mga pagpapala, at na ang pagtanggap sa pagpupungos ay pagpapakita ng kahangalan at kawalan ng kakayahan, isang bagay na hindi gagawin ng isang matalinong tao. Ito ang kaisipan at lohika ng isang anticristo. Kaya, kapag pinupungusan ang isang anticristo, sa puso niya ay napakamapanlaban niya, at sanay sa huwad na argumento at pagkukunwari; hindi man lang niya tinatanggap ang katotohanan, ni hindi siya nagpapasakop. Sa halip, nag-uumapaw siya sa pagsuway at pagtutol. Malamang na humantong ito sa pagsalungat sa Diyos, paghusga sa Diyos, at paglaban sa Diyos, at sa huli, sa pagkakabunyag at pagtitiwalag.

II. Pagharap ng mga Anticristo sa mga Pagbabago sa Pagkakatalaga ng Kanilang Tungkulin

Napakatigas ng ulo ng mga anticristo pagdating sa pagkakamit ng mga pagpapala. Desperado silang humahawak sa intensyon nilang magkamit ng mga pagpapala, at kapag pinupungusan sila, nakakaramdam sila ng paglaban, at sinusubukan nila nang husto na tutulan ito at pangatwiran ang kanilang sarili. Mula rito, matutukoy nating hindi tinatanggap ng mga anticristo ang katotohanan sa anupamang paraan. Kapag tinanggal sila o binago ang pagkakatalaga ng tungkulin nila, nagiging napakasensitibo nila tungkol sa usapin ng pagkakamit ng mga pagpapala. Bakit sila nagiging sensitibo tungkol dito? Dahil ang puso ng ganoong mga tao ay puno ng pagnanais at ambisyong magkamit ng mga pagpapala. Ang lahat ng ginagawa nila ay para makapagkamit ng mga pagpapala, at hindi para sa kapakanan ng anupamang bagay. Ang pinakaninangailan nila sa buhay ay ang magkamit ng mga pagpapala. Ito ang dahilan kung bakit, kapag

natanggal sila o binago ang mga pagkakatalaga ng tungkulin nila, pakiramdam nila ay wala na silang pag-asang magkamit ng mga pagpapala, at likas silang tumatanggi na magpasakop, at patuloy silang nakikipagtalo para pangatwiran ang sarili nila. Sarili lang nilang mga interes ang isinasaalang-alang nila, at hindi nila isinasaalang-alang ang gawain ng sambahayan ng Diyos. Halimbawa, naniniwala ang ilang tao na magaling silang magsulat, kaya iginigiit nilang hilinging gumawa ng tungkuling nauugnay roon. Siyempre pa, hindi sila bibiguin ng sambahayan ng Diyos, pinahahalagahan ng sambahayan ng Diyos ang mga indibidwal na may talento, at anuman ang mga kaloob o kalakasang mayroon ang mga tao, bibigyan sila ng puwang ng sambahayan ng Diyos para gamitin ang mga iyon, kaya nga isinasaayos ng iglesia na gumawa sila ng gawaing nakabatay sa teksto. Ngunit makalipas ang ilang panahon, natuklasan na wala talaga silang ganitong kasanayan, at hindi nila kayang gawin nang maayos ang tungkuling ito; hindi talaga sila epektibo. Ang kanilang mga talento at kakayahan ay ginagawa silang lubos na walang kakayahan sa trabahong ito. Kaya ano ang dapat gawin sa gayong mga sitwasyon? Posible bang tiisin na lang sila at sabihing, “Masigasig ka, at kahit wala kang gaanong talento, at katamtaman ang kakayahan mo, basta’t handa ka, at hindi tumututol na magtrabaho nang husto, titiisin ka ng sambahayan ng Diyos, at hahayaan kang patuloy na gawin ang tungkuling ito. Hindi mahalaga kung hindi mo ito magawa nang maayos. Magbubulag-bulagan ang sambahayan ng Diyos, at hindi ka kailangang palitan”? Ganito ba ang prinsipyo ng sambahayan ng Diyos sa pagharap sa mga usapin? Malinaw na hindi. Sa gayong mga sitwasyon, karaniwan ay isinasaayos ang angkop na mga tungkulin para sa kanila batay sa kanilang kakayahan at mga kalakasan; isang parte iyon. Ngunit hindi sapat na dito lamang dumepende, dahil maraming sitwasyon na kahit ang mga tao mismo ay hindi alam kung anong tungkulin ang angkop na gawin nila, at kahit iniisip nila na mahusay sila roon, maaaring hindi iyon tama, kaya nga kailangan nilang subukan iyon at magsanay sila nang ilang panahon; ang magdesisyon batay sa kung epektibo ba sila o hindi ang siyang tamang gawin. Kung magsasanay sila sa loob ng ilang panahon, at walang makamit na anumang resulta o wala silang maging progreso, at kumpirmadong hindi sulit na linangin sila, dapat baguhin ang pagkakatalaga ng tungkulin nila, at dapat magsaayos ulit ng isang akmang tungkulin para sa kanila. Ang muling pagsasaayos at pagbabago sa mga pagkakatalaga ng tungkulin ng mga tao sa ganitong paraan ay ang nararapat gawin, at naaayon din ito sa prinsipyo. Pero hindi nagagawa ng ilang tao na sundin ang mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos, at sa halip ay lagi nilang sinusunod ang makalaman nilang mga preperensiya sa pagganap ng kanilang mga tungkulin. Halimbawa, ipagpalagay nang sinabi ng isang tao, “Ang pinakamalaking pangarap ko ay ang maging isa sa mga edukadong tao sa literatura o isang mamamahayag, pero dahil sa kalagayan ng pamilya ko at sa iba pang kadahilanan, hindi ko nagawang tuparin ito. Pero ngayon, gawaing nakabatay sa teksto ang ginagawa ko sa sambahayan ng Diyos. Nakuha ko na sa wakas ang gusto ko!” Pero, talagang hindi pa sapat ang pagkaarok niya sa katotohanan, wala siyang gaanong

espirituwal na pang-unawa, at wala siyang kakayahan sa pagtrabaho sa gawaing nakabatay sa teksto, kaya pagkatapos magampanan ang tungkulin niya nang ilang panahon, itinalaga siya sa ibang tungkulin. Nagrereklamo siya: “Bakit hindi puwedeng gawin ko na lang ang gawaing gusto ko? Ayaw ko ng iba pang uri ng gawain!” Ano ang problema rito? Binago ng sambahayan ng Diyos ang pagkakatalaga ng tungkulin niya ayon sa mga prinsipyo, kaya bakit hindi niya matanggap ang pagbabago? Hindi ba’t problema ito sa pagkatao niya? Hindi niya matanggap ang katotohanan at hindi siya nagpapasakop sa Diyos—sadyang kawalan ito ng katwiran. Lagi niyang ginagawa ang kanyang tungkulin batay sa personal niyang mga preperensiya at gusto niyang laging siya ang nagpapasya. Hindi ba’t tiwaling disposisyon ito? Ang katunayan bang nasisiyahan kang gawin ang isang bagay ay garantiya na magagawa mo ito nang maayos? Ang katunayan bang nasisiyahan kang gawin ang isang partikular na tungkulin ay nangangahulugang kaya mo itong gawin sa paraang pasok sa pamantayan? Hindi ibig sabihin na dahil lang nasisiyahan kang gawin ang isang bagay ay nababagay ka na para dito, at baka hindi mo makilatis kung saan ka nababagay. Samakatwid, kailangan mong magtaglay ng katwiran at matutong sumunod. Kaya naman, kapag binago ang pagkakatalaga ng tungkulin mo, paano mo ba dapat isagawa ang pagsunod? Sa isang banda, dapat kang maniwalang binago ng sambahayan ng Diyos ang pagkakatalaga ng tungkulin mo batay sa mga katotohanang prinsipyo, at hindi batay sa mga preperensiya mo o sa pagkiling ng sinumang lider o manggagawa. Dapat kang magtiwala na napagdesisyunan ang pagbabago sa pagkakatalaga ng tungkulin mo batay sa iyong mga kaloob, kalakasan, at iba pang aktuwal na sitwasyon, at hindi ito bunga ng mga ideya ng isang tao. Dapat kang matutong sumunod kapag binago ang pagkakatalaga ng tungkulin mo. Pagkatapos mong makapagsanay sa iyong bagong tungkulin sa loob ng ilang panahon at makapagtamo ng mga resulta sa paggampan nito, makikita mo na mas angkop kang gumampan sa tungkuling ito, at mapagtatanto mo na mali ang pumili ng mga tungkulin batay sa sarili mong kagustuhan. Hindi ba’t nilulutas nito ang isyu? Ang pinakamahalaga, isinasaayos ng sambahayan ng Diyos na gampanan ng mga tao ang ilang tungkulin nang hindi batay sa kagustuhan ng mga tao, kundi batay sa mga pangangailangan ng gawain at kung makakapagkamit ba ng mga resulta ang paggampan ng isang tao sa tungkuling iyon. Masasabi ba ninyo na nagsasaayos ang sambahayan ng Diyos ng mga tungkulin batay sa mga indibidwal na kagustuhan? Dapat ba nitong gamitin ang mga tao batay sa kondisyon na matutugunan ang mga personal nilang kagustuhan? (Hindi.) Alin sa mga ito ang naaayon sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos sa paggamit ng mga tao? Alin ang naaayon sa mga katotohanang prinsipyo? Ito ay ang pagpili sa mga tao ayon sa mga pangangailangan ng gawain sa sambahayan ng Diyos at sa mga resulta ng pagganap ng mga tao sa mga tungkulin nila. May mga hilig at interes ka, at may kaunti kang kagustuhang magampanan ang mga tungkulin mo, pero dapat bang mauna ang iyong mga kagustuhan, interes, at hilig kaysa sa gawain ng sambahayan ng Diyos? Kung nagmamatigas ka sa paggigiit nito, sinasabing, “Dapat

kong gawin ang gawaing ito; kung hindi ako tutulutan na gawin ito, ayaw ko nang mabuhay, ayaw ko nang gampanan ang aking tungkulin. Kung hindi ako tutulutan na gawin ang gawaing ito, hindi na ako gaganahang gumawa ng iba pa, hindi ko na rin ibibigay ang aking buong pagsusumikap dito,” hindi ba’t ipinapakita nito na may problema sa iyong saloobin sa paggampan ng tungkulin? Hindi ba’t iyon ay lubusang kawalan ng konsensiya at katwiran? Para matugunan ang mga personal mong kagustuhan, interes, at hilig, hindi ka nag-aatubiling apektuhan at antalan ang gawain ng iglesia. Naaayon ba ito sa katotohanan? Paano dapat tratuhin ng isang tao ang mga bagay na hindi naaayon sa katotohanan? Sinasabi ng ilan na: “Dapat isakripisyo ang indibidwal na sarili alang-alang sa kapakanan ng kolektibo.” Tama ba ito? Ito ba ang katotohanan? (Hindi.) Anong uri ng pahayag ito? (Ito ay isang satanikong panlilinlang.) Ito ay isang nakalilinlang na pahayag, isang pahayag na mapanlihis at mapagbalatkayo. Kung gagamitin mo ang pariralang “Dapat isakripisyo ang indibidwal na sarili alang-alang sa kapakanan ng kolektibo” sa konteksto ng paggampan sa iyong mga tungkulin, kung gayon, nilalabanan at nilalapastangan mo ang Diyos. Bakit nito nilalapastangan ang Diyos? Dahil ipinipilit mo ang iyong sariling kagustuhan sa Diyos, at iyon ay kalapastanganan! Sinusubukan mong ipagpalit ang sakripisyo ng indibidwal mong sarili para sa pagpeperpekto at mga pagpapala ng Diyos; ang intensyon mo ay gumawa ng kasunduan sa Diyos. Hindi kailangan ng Diyos na magsakripisyo ka ng anuman mula sa iyong sarili; ang hinihingi ng Diyos ay na isagawa ng mga tao ang katotohanan at maghimagsik ang mga ito laban sa laman. Kung hindi mo kayang isagawa ang katotohanan, ibig sabihin ay naghihimagsik at lumalaban ka sa Diyos. Hindi mo nagampanan nang maayos ang iyong tungkulin dahil mali ang iyong mga intensyon, hindi tama ang iyong mga pananaw sa mga bagay-bagay, at lubusang sumasalungat sa katotohanan ang iyong mga pahayag. Ngunit hindi ka inalisan ng sambahayan ng Diyos ng karapatan na gumampan ng tungkulin; sadyang binago lang ang pagkakatalaga ng iyong tungkulin dahil hindi ka angkop para sa huling tungkulin, at itinalaga ka sa isang tungkuling angkop para sa iyo. Napakanormal lang nito at madaling unawain. Dapat mong tratuhin nang tama ang usaping ito. Ano ang tamang paraan para tratuhin ang usaping ito? Kapag nangyari ito, dapat mo munang tanggapin ang ebalwasyon sa iyo ng sambahayan ng Diyos. Kahit na personal na gusto mo ang tungkulin mo, ang totoo, hindi ka angkop para dito ni hindi ka mahusay rito, kaya hindi mo kayang gawin ang gawaing iyon. Ibig sabihin nito, kailangang itatalaga ka sa ibang tungkulin. Dapat mong sundin at tanggapin ang bago mong tungkulin. Magsanay ka muna rito nang ilang panahon—kung sa tingin mo pa rin ay hindi ka pa mahusay, at kapos ang kakayahan mo para dito, dapat mong sabihin sa iglesia: “Hindi ako akma para sa tungkuling ito. Kung magpapatuloy ito, makakahadlang ito sa gawain.” Lubhang makatwirang paraan iyon ng pagkilos! Anuman ang gawin mo, huwag mong subukang panghawakan ang tungkuling iyon. Makakahadlang sa gawain kapag ginawa mo iyon. Kung sasabihin mo nang maaga ang isyu, magsasaayos ang iglesia ng isang tungkuling nababagay para sa iyo batay sa iyong sitwasyon. Hindi pinipilit ng sambahayan ng Diyos

ang mga tao na gumanap ng mga tungkulin. Hindi ba't mabuting bagay para sa iyo na maranasang mabago ang pagkakatalaga ng tungkulin mo? Una sa lahat, matutulungan ka nitong harapin nang makatwiran ang sarili mong mga preperensiya at kagustuhan. Maaaring mahilig ka dati sa ganoong bagay, at mahilig ka sa literatura at pagsulat, pero nangangailangan din ng espirituwal na pang-unawa ang gawaing nakabatay sa teksto. Kailangan nakakaunawa ka man lang ng espirituwal na terminolohiya. Kung kulang ka ng kahit katiting na pagkaunawa sa katotohanan, hindi magiging sapat na magkaroon lang ng kaunting kasanayan sa pagsusulat. Kakailanganin mong magkamit ng espirituwal na pang-unawa, maunawaan ang espirituwal na bokabularyo, at mataglay ang pananalita ng espirituwal na buhay sa pamamagitan ng ilang panahon ng karanasan. Saka ka lang makakaganap ng gawaing nakabatay sa teksto sa sambahayan ng Diyos. Sa pagdaan sa ilang panahon ng karanasan at mga bagay-bagay, malalaman mong wala sa iyo ang pananalita ng karanasan sa buhay, makikita mo ang kagulat-gulat mong kakulangan, malalaman mo ang totoo mong tayog, at mabibigyang-kakayahan mo ang sambahayan ng Diyos at ang mga kapatid na malinaw na makita ang kakayahan at tayog mo. Mabuting bagay ito para sa iyo. Kahit papaano, ipapakita nito sa iyo kung gaano kataas o kababa ang kakayahan mo, at matutulungan ka nitong tratuhin ang sarili mo nang tama. Hindi ka na magkakaroon pa ng mga imahinasyon tungkol sa sarili mong kakayahan at mga kinahihiligan. Malalaman mo ang tunay mong tayog, mas eksakto at mas malinaw mong makikita kung saan ka nababagay at kung saan hindi, at lalo kang magiging matatag at praktikal habang ginagampanan mo ang iyong tungkulin. Ito ay isang aspekto nito. Ang isa pa, na siyang pinakaimportante, ay na kahit anong antas pa ng pagkaunawa ang makamit mo o kung kaya mo mang unawain ang mga bagay na ito, kapag may ginagawang mga pagsasaayos ang sambahayan ng Diyos para sa iyo, dapat magkaroon ka man lang muna ng saloobin ng pagsunod, sa halip na maging mapili o pihikan, o magkaroon ng sarili mong mga plano at desisyon. Ito ang katwirang dapat mong taglayin higit sa lahat. Kung hindi mo magagawang pagnilayan kung ano ang mga nakapagpaparumi sa pagganap mo sa iyong tungkulin, ayos lang iyon. Ang mahalaga lang ay may pagpapasakop sa puso mo at kaya mong tanggapin ang katotohanan, seryosohin ang iyong tungkulin, at ipakita ang katapatan mo, at kapag may mga lumilitaw na problema o kapag nagpapakita ka ng katiwalian, kaya mong magnilay-nilay sa sarili mo, maunawaan ang sarili mong mga kakulangan at kapintasan, at hanapin ang katotohanan para lutasin ang mga problema o pagpapakita mo ng katiwalian. Sa ganitong paraan, hindi mo mamamalayang unti-unting lalago ang iyong buhay at tayog habang ginagampanan mo ang iyong tungkulin, at magagampanan mo ang iyong tungkulin sa paraang pasok sa pamantayan. Hangga't taos-puso kang gumugugol para sa Diyos at hindi ka tumitigil sa paghahanap sa katotohanan para lutasin ang iyong mga problema habang nararanasan mo ang gawain ng Diyos, tatanggapin mo ang Kanyang mga pagpapala, at hindi ka Niya tatratuhin nang masama.

Kapag binago ang pagkakatalaga ng kanilang mga tungkulin, kung iglesia ang nagdesisyon nito, dapat itong tanggapin at sundin ng mga tao, dapat silang magnilay-nilay

sa sarili nila, at unawain ang diwa ng problema at ang sarili nilang mga pagkukulang. Lubos na kapaki-pakinabang ito para sa mga tao, at isa itong bagay na marapat isagawa. Dahil napakasimpleng bagay nito, maiisip at matatrato ito nang tama ng mga ordinaryong tao, nang hindi nagkakaroon ng masyadong maraming paghihirap o anumang balakid na mahirap lampasan. Kapag may ginagawang mga pagbabago sa pagkakatalaga ng kanilang mga tungkulin, kahit papaano, dapat magpasakop ang mga tao, makinabang sa pagninilay sa kanilang sarili, at magkaroon ng tumpak na pagsusuri kung pasok ba sa pamantayan ang pagganap nila sa kanilang mga tungkulin. Subalit hindi ganito para sa mga anticristo. Iba ang ipinapamalas nila kaysa sa mga normal na tao, kahit ano pa ang mangyari sa kanila. Ano ang ipinagkaiba nila? Hindi sila sumusunod, hindi sila maagap na gumagawa sa kanilang parte, ni hindi nila hinahanap ang katotohanan kahit katiting. Sa halip, nasusuklam sila sa pagbabago, at nilalabanan ito, sinusuri ito, pinagbubulay-bulayan ito, at nagsasapantaha nang husto ukol dito: “Bakit hindi ako pinapayagang gawin ang tungkuling ito? Bakit ako itinalaga sa ibang hindi mahalagang tungkulin? Paraan ba ito para ibunyag ako at itiwag ako?” Paulit-ulit nilang iniisip ang mga nangyari, walang tigil na sinusuri ito at pinag-iisipan itong mabuti. Kapag walang nangyayari, ayos na ayos lang sila, pero kapag may nangyari nga, nagsisimulang maging maligalig ang kanilang puso na para bang nasa maalong tubig, at napupuno ng mga katanungan ang kanilang isip. Maaaring sa panlabas ay mukhang mas mahusay sila kaysa sa iba sa pagninilay sa mga isyu, pero sa totoo lang, mas buktot lang ang mga anticristo kaysa sa mga normal na tao. Paano naipapamalas ang kabuktutang ito? Ang kanilang mga isinasaalang-alang ay matitindi, masasalimuot at patago. Ang mga bagay na hindi naiisip ng isang normal na tao, isang taong may konsensiya at katwiran, ay mga karaniwang bagay na lang para sa isang anticristo. Kapag may ginawang maliit na pagbabago sa pagkakatalaga ng kanilang tungkulin, dapat tumugon ang mga tao nang may saloobin ng pagsunod, gawin ang ipinagagawa sa kanila ng sambahayan ng Diyos, at gawin ang makakaya nila, at, anuman ang gawin nila, gawin ito nang maayos sa abot ng makakaya nila, nang buong puso nila at buong lakas nila. Ang ginawa ng Diyos ay walang pagkakamali. Ang ganoon kasimpleng katotohanan ay maaaring isagawa ng mga tao na may kaunting konsensiya at katwiran, ngunit lampas ito sa mga abilidad ng mga anticristo. Pagdating sa pagbabago ng mga pagkakatalaga ng tungkulin, agad magbibigay ang mga anticristo ng mga argumento, huwad na pangangatwiran, at pagtutol, at sa kanilang kaibuturan ay ayaw nilang tanggapin iyon. Ano ba talaga ang nasa puso nila? Paghihinala at pagdududa, pagkatapos ay sinusuri nilang mabuti ang iba gamit ang lahat ng uri ng pamamaraan. Sinusubukan nilang alamin ang reaksiyon ng iba sa kanilang mga salita at kilos, at pinipilit at hinihimok pa nila ang mga tao na sabihin ang totoo at magsalita nang matapat sa pamamagitan ng walang-konsensiyang kaparaanan. Sinisikap nilang pag-isipan iyon: Bakit nga ba binago ang pagkakatalaga ng kanilang tungkulin? Bakit hindi sila pinayagang gawin ang kanilang tungkulin? Sino ba talaga ang nagmamaniplula? Sino ang nagtatangkang

guluhin ang mga bagay-bagay para sa kanila? Sa kanilang puso, tanong sila nang tanong kung bakit, patuloy silang nagsisikap na alamin kung ano talaga ang nangyayari, para malaman nila kung kanino sila makikipagtalos o makikipagtuos. Hindi nila alam kung paano lumapit sa harap ng Diyos para pagnilayan ang kanilang sarili, para tingnan kung ano ang problema sa kanilang kalooban, hindi nila hinahanap ang dahilan sa kanilang sarili, at hindi sila nananalangin sa Diyos at nagninilay sa kanilang sarili at nagsasabing, “Ano ang naging problema sa paraan ng pagganap ko sa aking tungkulin? Naging pabasta-basta ba ako, at ganap ba akong walang prinsipyo? Nagkaroon man lamang ba ng anumang epekto?” Sa halip na itanong sa kanilang sarili ang mga bagay na ito, patuloy nilang kinukuwestiyon ang Diyos sa kanilang puso: “Bakit binago ang pagkakatalaga ng tungkulin ko? Bakit tinatrato ako nang ganito? Bakit masyado nila akong hindi isinasaalang-alang? Bakit hindi sila patas sa akin? Bakit hindi nila iniisip ang pride ko? Bakit nila ako tinutuligsa at ibinubukod?” Lahat ng “bakit” na ito ay malinaw na paghahayag ng tiwaling disposisyon at karakter ng mga anticristo. Walang sinumang nakaisip na dahil lang sa isang maliit na bagay gaya ng pagbabago sa pagkakatalaga ng kanilang mga tungkulin, masyadong mamomroblema ang mga anticristo, magdudulot ng ganoong kaguluhan, at susubukan ang lahat ng kaparaanang mayroon sila para lumikha ng ganoon kalaking mga gulo. Bakit nila gagawing napakakumplikado ang isang simpleng bagay? lisa lamang ang dahilan: Hindi kailanman sinusunod ng mga anticristo ang mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos, at palagi nilang mahigpit na iniuugnay ang kanilang tungkulin, kasikatan, pakinabang, at katayuan sa inaasam nilang pagkamit ng mga pagpapala at sa kanilang hantungan sa hinaharap, na para bang sa sandaling mawala ang kanilang reputasyon at katayuan, wala na silang pag-asang magkamit ng mga pagpapala at gantimpala, at pakiramdam nila ay katulad ito ng mawalan ng buhay. Iniisip nila, “Kailangan kong mag-ingat, hindi ako dapat maging pabaya! Ang sambahayan ng diyos, ang mga kapatid, ang mga lider at manggagawa, at maging ang diyos ay hindi maaasahan. Hindi ko mapagkakatiwalaan ang sinuman sa kanila. Ang taong pinakamaasahan mo at ang pinakakarapat-dapat mong pagkatiwalaan ay ang iyong sarili. Kung hindi ka nagpapalano para sa iyong sarili, sino ang magmamalasakit sa iyo? Sino ang mag-iisip sa kinabukasan mo? Sino ang mag-iisip kung makatatanggap ka ba ng mga pagpapala o hindi? Kaya, kailangan kong magplano at magkalkula nang maingat para sa sarili kong kapakanan. Hindi ako puwedeng magkamali o maging pabaya kahit kaunti, kung hindi, ano ang gagawin ko kung may sumubok na manamantala sa akin?” Kaya, nagiging mapagbantay sila laban sa mga lider at manggagawa ng sambahayan ng Diyos, natatakot na may makakilatis o makahalata sa kanila, at na pagkatapos ay matatanggal sila at masisira ang mga pinapangarap nilang pagpapala. Iniisip nila na dapat nilang panatilihin ang kanilang reputasyon at katayuan para magkaroon sila ng pag-asang magkamit ng mga pagpapala. Itinuturing ng isang anticristo ang pagiging pinagpala na higit pa kaysa sa kalangitan, higit pa kaysa sa buhay, mas mahalaga pa kaysa sa paghahangad ng katotohanan, pagbabago ng disposisyon, o personal na

kaligtasan, at mas mahalaga pa kaysa sa maayos na paggawa sa kanilang tungkulin, at pagiging isang nilikha na pasok sa pamantayan. Iniisip niya na ang pagiging isang nilikha na pasok sa pamantayan, ang paggawa nang mabuti sa kanyang tungkulin at pagkaligtas ay pawang mumunting mga bagay na hindi na kailangang banggitin o pagkomentuhan pa, samantalang ang pagkakamit ng mga pagpapala ay ang tanging bagay sa buong buhay niya na hindi kailanman malilimutan. Sa anumang masagupa niya, gaano man kalaki o kaliit, inuugnay niya ito sa pagiging pinagpala, at napakaingat at napakaalisto niya, at lagi siyang may nakahandang malulusutan para sa kanyang sarili. Kaya kapag binago ang pagkakatalaga ng kanyang tungkulin, kung pag-aangat ito, iisipin ng isang anticristo na may pag-asa siyang pagpalain. Kung ito ay demosyon, mula sa pagiging lider ng pangkat pababa sa pagiging katuwang na lider ng pangkat, o mula sa katuwang na lider ng pangkat pababa sa pagiging karaniwang miyembro ng grupo, ipinagpapalagay niyang ito ay magiging isang malaking problema at sa tingin niya ay maliit ang pag-asa niyang magkamit ng mga pagpapala. Anong uri ng pag-iisip ito? Tama bang pag-iisip ito? Talagang hindi. Katawa-tawa ang pananaw na ito! Ang pagkamit o hindi pagkamit ng isang tao sa pagsang-ayon ng Diyos ay hindi nakabase sa tungkuling ginagawa niya, kundi sa kung taglay ba niya ang katotohanan, kung tunay ba siyang nagpapasakop sa Diyos, at kung tapat ba siya. Ang mga ito ang pinakamahahalagang bagay. Sa panahon ng pagliligtas ng Diyos sa mga tao, kailangan nilang pagdusahan ang maraming pagsubok. Lalo na sa pagganap sa tungkulin nila, dapat silang dumaan sa maraming kabiguan at pasikot-sikot, pero sa bandang huli, kung nauunawaan nila ang katotohanan at may tunay silang pagpapasakop sa Diyos, sila ay magiging mga taong may pagsang-ayon ng Diyos. Sa usaping ukol sa pagbabago sa pagkakatalaga ng kanilang tungkulin, makikita na hindi nauunawaan ng mga anticristo ang katotohanan, at talagang wala silang abilidad na makaarok.

Sa dinami-rami ng mga gumaganap ng tungkulin, laging may ilan talaga na hindi maayos magtrabaho. Hindi sila mahusay sa pagsusulat ng mga artikulo, dahil hindi nila nauunawaan ang katotohanan, at wala pa ngang kasanayan sa espirituwal na terminolohiya, at sa pananalitang madalas na ginagamit ng mga Kristiyano. Maaaring may mga kasanayan sila sa pagsulat at may pinag-aralan naman, pero hindi sapat ang kakayahan nila para sa gampanin. Kung itinalaga mo silang sumuri ng mga dokumento, pagkaraan ng ilang sandali, magiging malinaw na hindi rin sila mahusay sa bagay na iyon. Kulang ang kakayahan nila, at laging may mga bagay silang nakakaligtaan, kaya binabago mo na naman ang pagkakatalaga ng kanilang tungkulin. Sinasabi nilang may mga kasanayan sila sa paggamit ng kompyuter, pero pagkaraang gawin ang isang tungkulin sa larangang iyon nang ilang panahon, hindi rin sila mahusay roon. Tila mahusay silang magluto, kaya pinagluto mo sila ng pagkain para sa mga kapatid. Kalaunan, iniuulat ng lahat na masyadong maalat o hindi kaya ay walang lasa ang mga pagkaing niluto nila, at masyadong marami o hindi kaya naman ay masyadong kaunti ang niluluto nila. Dahil nakikita mong hindi sila nababagay sa pagluluto, ilalagay mo

naman sila sa pangangaral ng ebanghelyo, pero sa sandaling marinig nilang isasama sila sa pangkat ng mga taga-ebanghelyo, nasisiraan sila ng loob, at naiisip nilang, “Ayoko na. Inilalagay na ako sa mababang gampanin, at wala na akong pag-asang pagpalain. Wala nang magagawa pa kundi ang umiyak.” Pagkatapos, dala ng negatibong nararamdaman at labis na pagkalumbay, lumulubog sila at lumulubha, at hindi na nila maituon ang isip nila sa pangangaral ng ebanghelyo at pagpapatotoo sa bagong gawain ng Diyos. Sa halip, lagi nilang iniisip, “Kailan ako makakabalik sa tungkuling nakabatay sa teksto? Kailan ako muling magiging taas-noo? Kailan ko muling makakausap ang ang itaas, o makakabahagi sa mas mataas na antas na pagpapasya? Kailan mamamalayan ng lahat na lider na ulit ako?” Naghihintay sila nang ilang taon nang hindi nababalik sa tungkulin, at pagkatapos ay magsisimulang mag-isip-isip: “Balewalang manampalataya sa diyos. Para lang akong mga taong iyon na nakakaranas ng maraming hadlang sa landas tungo sa pagiging mga opisyal sa mundong nasa labas, hindi ba?” Lalo lang silang nawawalan ng sigla, at lubos na pinanghihinaan ng loob kapag naiisip nila ang maraming kahadlangang iyon. Sinasabi nila, “Matapos ang maraming taong ito ng pagiging mananampalataya, hindi man lang ako naging isang mataas na lider kahit minsan. Matapos makapaglingkod sa wakas bilang isang lider ng pangkat, natanggal ako, at hindi rin naging maayos ang paggampan ko sa iba pang mga tungkulin. Napakamalas ko talaga—wala talagang mabuting bagay na nangyayari sa akin. Para lang akong nakikipagbuno sa napakaraming hadlang sa landas tungo sa pagiging isang opisyal. Bakit hindi ako iangat ng sambahayan ng diyos? Talagang bagsak na bagsak na ang katayuan at reputasyon ko. Wala na ngang nakakaalala kung sino ako, at hindi ako kailanman nababanggit ng ang itaas. Tapos na ang maliligayang araw ko. Ano na ang gagawin ko tungkol sa kawalan ko ng tagumpay? Mahal na mahal ko ang diyos, at mahal ko talaga ang iglesia at ang sambahayan ng diyos, kaya bakit hindi ako nakaranas ng tagumpay? Walang saysay ang manampalataya sa diyos. Gusto ko talaga sanang matupad ang mga engrande kong plano rito sa sambahayan ng diyos, magamit ang enerhiya at lakas ko, pero hindi ako inilalagay ng diyos sa mahahalagang posisyon o hindi niya ako nakikita. Walang saysay na rin.” Ano ang ibig nilang sabihin sa laging pag-iingay tungkol sa pagiging walang saysay nito? Ibig nilang sabihin, wala nang kabuluhang gawin nila ang kanilang tungkulin, hangarin ang pagbabago sa disposisyon, makinig sa katotohanan at makinig sa mga sermon, magbasa ng mga salita ng Diyos, at hanapin ang mga katotohanang prinsipyo. Kung gayon, ano ang may kabuluhang gawin para sa kanila? Ang magkaroon ng opisyal na posisyon, ang magkamit ng mga pagpapala, ang matupad ang kanilang pagnanais at ambisyong pagpalain, ang magpakitang-gilas sa bawat pagkakataon, ang hangaan at maging tanyag. Para sa kanila, wala nang kabuluhan ang anupamang bagay. Kapag pakiramdam nila ay wala nang kabuluhan ang isang bagay, kapag nasisiraan na sila ng loob, kusa na silang lalapit sa may pinto. Gusto na nilang umalis sa sambahayan ng Diyos, at umatras. Ibig sabihin nito ay nasa panganib sila. May ilang tao na gumaganap ng tungkulin, partikular na ang mga gumaganap ng pangkaraniwang tungkulin na

nagiging dahilan para madalas silang makipag-ugnayan sa mga walang pananampalataya, at ang ilan sa mga miyembro ng grupong ito ay may isang paa sa loob at isang paa na nasa labas. Ano ang ibig sabihin noon? Ibig sabihin nito ay maaaring umatras ang mga taong ito anumang oras, at kung guguhin ang huli nilang depensa, tiyak na hahakbang ang kabila nilang paa palabas, at lubusan silang kakawala sa sambahayan ng Diyos at ganap na iiwan ang iglesia. Pagdating sa pagbabago sa pagkakatalaga ng kanilang tungkulin, ang mga bagay tulad ng kung saan sila ililipat, kung anong tungkulin ang gagawin nila, kung makakatugon ba ang tungkulin sa personal nilang mga pagnanais, kung makakatulong ba ito para hangaan sila, at kung ano ang posisyon at ranggo ng bagong tungkulin nila, ay iniuugnay lahat ng mga taong ito sa intensyon at pagnanais nilang magkamit ng mga pagpapala. Batay sa saloobin at pananaw na kinikimkim ng mga anticristo patungkol sa pagbabago sa pagkakatalaga ng kanilang mga tungkulin, nasaan ang problema nila? Malaking problema ba ito o hindi? (Oo, malaking problema ito.) Ano ang problema? (Iniuugnay nila sa kanilang katayuan sa iglesia at sa kung maaari ba silang magkamit ng mga pagpapala o hindi ang normal na pagbabago sa mga pagkakatalaga ng tungkulin nila. Kapag nabago ang pagkakatalaga ng kanilang mga tungkulin, sa halip na tanggapin at sundin ang mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos, iniisip nilang nawawala ang katayuan nila at na hindi na sila maaaring magkamit ng mga pagpapala, at pagkatapos, nararamdaman nilang wala nang kabuluhang manampalataya sa Diyos at gusto na nilang umalis sa sambahayan ng Diyos.) Ang pinakamalaki nilang pagkakamali rito ay ang iugnay ang pagbabago ng pagkakatalaga ng kanilang mga tungkulin sa pagkakamit ng mga pagpapala. Ito ang pinakahuling bagay na dapat nilang ginawa. Ang totoo, wala naman talagang kaugnayan sa pagitan ng dalawang ito, pero dahil puno ng pagnanais na magkamit ng mga pagpapala ang puso ng mga anticristo, kahit ano pang tungkulin ang gawin nila, iuugnay nila ito sa kung maaari ba silang magkamit ng mga pagpapala o hindi, na nangangahulugang imposible para sa kanilang gawin ang isang tungkulin nang maayos, at maaari lamang silang mabunyag at matiwalag. Lumilikha lang sila ng mga problema para sa sarili nila at inilalagay nila ang kanilang sarili sa isang landas na patungo sa kapahamakan.

Paano mo ba dapat tratuhin ang usapin ukol sa pagganap mo sa iyong tungkulin? Dapat magkaroon ka ng tamang saloobin, na siyang kinakailangan muna para magampanan mo nang maayos ang tungkulin mo. Ang tungkuling nararapat sa iyo ay dapat batay sa sarili mong mga kalakasan. Kapag minsan ay hindi ka magaling sa tungkuling isinaayos ng iglesia para sa iyo o hindi iyon isang bagay na nais mong gawin, maaari mong ipaalam ang isyu at lutasin iyon sa pamamagitan ng pakikipag-usap. Ngunit kung magagampanan mo ang tungkulin, at isang tungkulin iyon na dapat mong gampanan, at ayaw mong gawin iyon dahil lang sa natatakot kang magdusa, may problema sa iyo. Kung handa kang sumunod at kaya mong maghimagsik laban sa iyong laman, masasabi na medyo makatwiran ka. Gayunman, kung lagi mong sinusubukang kalkulahin kung aling mga tungkulin ang mas tanyag, at ipinalalagay mo na ang ilang

tungkulin ay magiging dahilan para hamakin ka ng iba, patunay ito na mayroon kang tiwaling disposisyon. Bakit masyado kang may kinikilingan sa iyong pagkaunawa sa mga tungkulin? Magagampanan mo kaya nang maayos ang isang tungkulin kung pipiliin mo iyon batay sa sarili mong mga ideya? Hindi naman talaga totoo iyon. Ang pinakamahalaga rito ay ang paglutas sa iyong tiwaling disposisyon, at kung hindi mo gagawin iyon, hindi mo magagampanan nang maayos ang iyong tungkulin, kahit nasisiyahan ka roon. Ang ilang tao ay ginagampanan ang kanilang mga tungkulin nang walang mga prinsipyo, at ang pagganap nila sa kanilang tungkulin ay palaging batay sa sarili nilang mga kagustuhan, kaya hindi nila nalulutas kailanman ang mga paghihirap, palagi nilang iniraraos lang ang bawat tungkuling ginagampanan nila, at sa huli ay itiniwalag sila. Maliligtas ba ang ganitong mga tao? Dapat mong piliin ang tungkuling nababagay sa iyo, gampanan ito nang maayos, at magawang hanapin ang katotohanan para lutasin ang mga tiwali mong disposisyon. At saka ka lang makakapasok sa katotohanang realidad. Kung lagi kang naghahangad ng kaginhawaang panlaman at hangad mong magmukhang mabuti sa iyong tungkulin, hindi mo magagampanan nang maayos ang tungkulin mo. Kung hindi mo magagampanan nang maayos ang anumang tungkulin, kakailanganin kang itiwalag. Hindi nasisiyahan ang ilang tao kahit ano pa mang tungkulin ang ginagampanan nila, lagi nilang tinitingnan na pansamantala ang mga tungkulin nila, pabaya sila, at hindi nila hinahanap ang katotohanan para lutasin ang mga tiwaling disposisyong ibinubunyag nila. Bunga nito, ginagampanan nila ang mga tungkulin nila sa loob ng ilang taon nang walang nakakamit na anumang buhay pagpasok. Nagiging mga trabahador sila at natitiwalag sila. Hindi ba't sila ang may gawa nito sa sarili nila? Ang masasamang tao at mga anticristo ay hindi kailanman nagkakaroon ng tamang saloobin sa kanilang mga tungkulin. Ano ang iniisip nila kapag binabago ang mga nakatalagang tungkulin nila? "Palagay mo ba isa lang akong tagapagserbisyo? Kapag ginagamit mo ako, pinagseserbisyo mo ako sa iyo, at kapag tapos ka na sa akin, basta mo na lang akong papaalisin. Aba, hindi ako magseserbisyo nang ganoon! Gusto kong maging lider o manggagawa, dahil iyon lamang ang kagalang-galang na trabaho rito. Kung hindi mo ako hahayaang maging lider o manggagawa at gusto mo pa rin akong magpakapagod, kalimutan mo na lang iyon!" Anong klaseng saloobin ito? Nagpapasakop ba sila? Sa anong batayan nila hinaharap ang pagbabago sa pagkakatalaga ng kanilang tungkulin? Sa batayan ng pagkamainitin ng ulo, ng sarili nilang mga ideya, at ng tiwaling disposisyon nila, tama ba? At ano ang mga kahihinatnan ng pagharap dito sa ganitong paraan? Una sa lahat, magagawa ba nilang maging tapat at taos sa susunod nilang tungkulin? Hindi, hindi nila magagawa. Magkakaroon ba sila ng positibong saloobin? Anong uri ang magiging kalagayan nila? (Isang kalagayan ng pagkasira ng loob.) Ano ang diwa ng pagkasira ng loob? Ito ay pagsalungat. At ano ang pinakahuling resulta ng isang kaloobang mapanalungat at nasisiraan ng loob? Magagawa ba ng isang taong nakakaramdam nang ganoon ang tungkulin niya nang maayos? (Hindi.) Kung palaging negatibo at mapanalungat ang isang tao, akma ba siyang gumawa ng isang tungkulin?

Anumang tungkulin ang gawin niya, hindi niya iyon magagawa nang maayos. Paulit-ulit lang ang malupit na sitwasyong ito, at hindi magiging maganda ang kalalabasan. Bakit ganoon? Ang gayong mga tao ay wala sa mabuting landas; hindi nila hinahanap ang katotohanan, hindi sila mapagpasakop, at hindi nila maunawaan nang maayos ang saloobin at pakikitungo sa kanila ng sambahayan ng Diyos. Problema ito, hindi ba? Ganap na angkop ang pagbabago na iyon sa pagkakatalaga ng tungkulin nila, ngunit sinasabi ng mga anticristo na ginagawa iyon para pahirapan sila, na hindi sila tinatrato ng tao, na ang sambahayan ng Diyos ay walang pagmamahal, na tinatrato silang parang makina, tinatawag kapag kailangan sila, pagkatapos ay isinasantabi kapag hindi. Hindi ba't isa iyong baluktot na argumento? May konsensiya o katwiran ba ang isang taong nagsasabi ng gayong bagay? Wala siyang pagkatao! Binabaluktot niya ang isang ganap na maayos na bagay; binabaluktot niya ang isang ganap na angkop na pagsasagawa at ginagawang isang bagay na negatibo—hindi ba't kabuktutan ito ng isang anticristo? Mauunawaan ba ng isang taong ganito kabuktot ang katotohanan? Talagang hindi. Problema ito ng isang anticristo; anumang nangyayari sa kanya, iisipin niya ito sa isang baluktot na paraan. Bakit siya nag-iisip sa baluktot na paraan? Dahil napakabuktot ng kalikasang diwa niya. Una sa lahat, ang kalikasang diwa ng isang anticristo ay buktot, na sinusundan ng kanyang kalupitan, at ang mga ito ang kanyang mga pangunahing katangian. Ang buktot na kalikasan ng mga anticristo ay humahadlang sa kanilang maarok nang tama ang anumang bagay, at sa halip ay binabaluktot nila ang lahat ng bagay, nagmamalabis sila, nakikipagtalo tungkol sa maliliit na bagay, at hindi nila maasikaso nang maayos ang mga bagay-bagay o mahanap ang katotohanan. Sunod, aktibo silang nakikipaglaban at naghahangad na maghiganti, nagpapakalat pa nga ng mga kuru-kuro at nagbubulalas ng pagkanegatibo, na inuudyukan at hinihikayat ang iba na guluhin ang gawain ng iglesia. Lihim silang nagpapakalat sa paligid ng ilang reklamo, nanghuhusga kung paano tinatrato ng sambahayan ng Diyos ang mga tao, hinuhusgahan ang ilan sa mga tuntuning administratibo nito, kung paano ginagawa ng ilang lider ang mga bagay-bagay, at kinokondena ang mga lider na ito. Anong uri ng disposisyon ito? Kalupitan ito. Hindi lang mga palaban at suwail ang mga anticristo, nanghihikayat pa sila ng mas marami pang tao para maging suwail kasama nila, para pumanig at palakpakan sila. Ganoon ang kalikasang diwa ng isang anticristo. Ni hindi nila kayang harapin nang tama ang simpleng pagbabago sa pagkakatalaga ng tungkulin nila, o makatwirang tanggapin at magpasakop dito. Sa halip, masyado silang namomproblema at nagbibigay ng iba't ibang pagdadahilan para sa kanilang sarili, ang ilan dito ay hindi angkop at nag-uudyok ng pagkamuhi at pagkasuklam sa iba. Pagkatapos maglabas ng ilang panlilinlang at maling paniniwala, susubukan ng mga anticristong isalba ang sitwasyon para sa sarili nila at papaniwalain ang mga tao sa kanila. Kung hindi magtatagumpay ang mga hakbang na ito, magagawa ba ng mga anticristo na magbalik-loob? Kung hindi nila kayang tahakin ang landas na ito, magagawa ba nilang hanapin ang katotohanan? Magtataglay ba sila ng anumang kalooban na magsisi? Siguradong

hindi. Sasabihin nila, “Kung pipigilan mo akong magkamit ng mga pagpapala, pipigilan ko kayong lahat para huwag din magkamit ng mga ito! Kung hindi ako makakakuha ng mga pagpapala, titigil na ako sa pananampalataya!” Nagsalita na Ako noon tungkol sa kung paanong wala talagang katwiran ang mga anticristo; ang kalikasang diwa sa likod ng kawalang-katwirang ito ay dahil sobrang buktot at lupit ng mga taong ito. Ang aytem na pinagbabahaginan natin ngayon ay tungkol sa mga pagpapamalas at pagbubunyag na nagpapakita nang husto sa kalikasang diwa na ito, at ito ang pinakakapani-paniwalang katibayan ng kalikasang diwa na ito. Nagagalit ang ilan sa mga taong ito kung binago ang mga pagkakatalaga ng tungkulin nila kahit minsan, at hindi magawa nang maayos ng ilan sa kanila ang alinman sa mga ito kahit matapos ilipat nang ilang beses, at makalipat mula sa isang tungkulin patungo sa isa pa, at iniisip tuloy nila sa huli na wala na silang pag-asang magkamit ng mga pagpapala, at gusto na nilang umatras. Sa madaling salita, kahit gaano pa baguhin ang mga pagkakatalaga ng tungkulin nila, kung may maganap na anumang pagbabago, susuriin, huhusgahan, at pag-iisipang mabuti ng mga taong ito ang mga pagbabagong ito sa kanilang puso, at matatahimik lang sila kung malalaman nilang walang kaugnayan ang mga pagbabagong ito sa pagkakamit nila ng mga pagpapala. Sa sandaling malaman nilang may kahit bahagya mang kaugnayan ang mga pagbabagong ito sa pagkakamit nila ng mga pagpapala, o hindi kaya ay makakasira ito sa pag-asa nilang magkamit ng mga pagpapala, aalma kaagad sila, at ilalantad ang kanilang kalikasang diwa. Kung mabigo sila sa pag-aalsang ito, at sila ay malantad at matakwil, maghahanda sila ng mga alternatibong plano para sa sarili nila, at iiwan nila ang sambahayan ng Diyos nang walang pag-aalinlangan at pagdadalawang-isip, hindi na sila mananampalataya pang may Diyos, at hindi na kikilalaning nananampalataya sila sa Diyos. Magbabago kaagad ang pang-araw-araw nilang mga buhay, at maglalaho sa kanila ang lahat ng wangis ng isang mananampalataya sa Diyos. Babalik na kaagad sila sa pag-inom, paninigarilyo, pagsusuot ng mga kakaibang damit at paglalagay ng makakapal na makeup at pagdadamit nang magarbo at bulgar. Dahil hindi nila nagawang magpakasaya sa mga bagay na ito bilang isang mananampalataya sa Diyos, magmamadali silang bawiin ang panahong nawala sa kanila. Kapag napag-isip-isip nilang umatras, iisipin na kaagad nila ang susunod nilang hakbang, kung paano sila makapagtatrabahong mabuti sa mundo para umasenso, makahanap ng lugar para sa sarili nila, at makapamuhay ng isang magandang buhay, maging kung saan naroroon ang malulusutan nila. Makakahanap sila kalaunan ng malulusutan para sa sarili nila, makakahanap ng lugar para sa kanilang sarili sa gitna ng masasamang kalakarang ito at sa masamang mundong ito, at matutukoy nila kung ano ang gagawin nila, negosyo man ito, politika, o iba pang uri ng pagkakaabalahan, na mas ikauunlad ng buhay nila kaysa sa iba, makapagbibigay sa kanila ng kaligayahan at kagalakan para sa natitirang panahon nila sa lupa, mas makapagpapaginhawa sa kanilang laman, magtutulot sa kanila na ganap na tamasahin ang buhay, at makapagbibigay sa kanila ng pagkakataong makibahagi sa paglilibang at pagliliwaliw.

Kapag pinupungusan ang isang anticristo, at kapag binabago ang pagkakatalaga ng tungkulin niya, ang iniisip niya ay ang pagtanggap ng mga pagpapalang may malaking kaugnayan sa mga ito. Kapag naiisip niyang wala na siyang natitirang pag-asa para doon, gugustuhin na niyang umatras, maglakad papalayo mula sa sambahayan ng Diyos, at gusto na niyang bumalik sa buhay ng isang walang pananampalataya. Batay rito, maliwanag na labis na mahalaga ang kalikasang diwa ng isang tao, kaya hindi ba't lubos na mahalaga rin ang mga paghahangad at pagpapasya nila? Pagkakaiba lang ito ng isang kaisipan: Isang tamang desisyon, at maaaring mauwi ka sa patuloy na pagtanggap ng pagliligtas ng Diyos, samantalang isang maling pasya naman ay maaaring gawin kang isang walang pananampalataya sa isang iglap, gawin kang isang taong walang kaugnayan sa sambahayan ng Diyos, sa gawain ng Diyos, o sa kanyang tungkulin. Isang kaisipan lang, isang sandali o isang maliit na bagay ay maaaring ganap na makapagpabago sa kapalaran ng isang tao. Ang isang kaswal na pasya, isang kaswal at munting kaisipan o isang simpleng perspektiba ay maaaring makapagpabago sa tadhana ng isang tao, at kaya nitong tukuyin kung saan siya hahantong sa susunod na sandali. Kapag walang nasagupang anumang uri ng isyu ang mga tao, kapag wala silang hinarap na anumang desisyon, pakiramdam nila ay nauunawaan na nila ang maraming katotohanan, may taglay na silang tayog, at kaya na nilang tumayo nang matatag. Pero, kapag humarap ka sa isang desisyon, isang pangunahing prinsipyo, o isang malaking isyu, kung ano talaga ang piliin mo, kung ano ang saloobin mo patungkol sa Diyos, at kung ano ang perspektiba at saloobin mo patungkol sa naturang bagay, ang mga ito ang tutukoy sa tadhana mo at kung mananatili ka ba o aalis. Ang mga karaniwang pagpapasya ng mga anticristo, at ang mga pinakamalalim nilang personal na pagnanais sa puso nila, ay kontrang lahat sa katotohanan; walang pagpapasakop na nakapaloob sa mga bagay na ito, pawang antagonismo, walang katotohanan o pagkatao, tanging mga tiwaling disposisyon ng tao, at mga panlilinlang at maling paniniwala ng mga tao. Madalas na magiging dahilan ang mga ito para lumitaw ang mga kaisipang gaya ng pag-alis sa sambahayan ng Diyos at paglusong sa masasamang kalakaran, at maaaring maging dahilan anumang sandali para isipin nilang, "Kung wala akong pag-asang pagpalain, bakit hindi na lang ako umalis sa sambahayan ng diyos? Kung ganoon, hindi na ako patuloy na mananampalataya o gaganap sa tungkulin ko. Kung ganito ako tinatrato ng sambahayan ng diyos, hindi ko na kikilalanin pa na mayroong diyos." Ang mga ganitong uri ng labis na mapaghimagsik na mga kaisipan, ang mga maling paniniwala at panlilinlang na ito, ang mga buktot na ideya, ay madalas na nariyan at nananatili sa puso ng isang anticristo. Ito ang dahilan kung bakit kahit pa hindi siya umatras sa kalagitnaan ng pagsunod niya sa Diyos, napakahirap para sa kanya na tahakin ang landas hanggang sa pinakadulo, at ang karamihan sa kanila ay paaalisin at patatalsikin mula sa iglesia dahil sa matinding kasamaang ginawa nila at sa paggambala at panggugulong idinulot nila. Kahit na pilitin pa nila ang kanilang sarili na kumapit hanggang sa huli, ang totoo, makikita naman natin mula sa kalikasang diwa ng mga

anticristo na hindi maiiwasan na aatras sila mula sa iglesia. Maaaring isipin pa nga nila sa kaibuturan nila, “Hinding-hindi ko maiiwan ang sambahayan ng diyos. Kahit na may ganoon pa akong mga naiisip, hindi ko kayang umalis. Mananatili ako rito kahit hanggang sa kamatayan ko. Hindi ako bibitiw sa sambahayan ng diyos; susunod ako sa diyos hanggang sa huli.” Kahit gaano pa sila udyukan ng personal nilang kalooban na huwag umalis sa sambahayan ng Diyos, at kahit gaano pa nila ipagpilitang dapat silang manatili sa personal nilang kalooban, sadyang kapalaran na nila sa huli na itaboy ng Diyos, at kusang-loob na iwan ang sambahayan ng Diyos, dahil tutol sila sa katotohanan at buktot sila sa kanilang kaibuturan.

III. Pagharap ng mga Anticristo sa Pagtatanggal sa Kanila

Katatapos lang nating magbahaginan sa dalawa sa mga pagpapamalas ng mga anticristo, ang isa ay kapag nahaharap sila sa pagpupungos, at ang isa naman ay kapag may mga pagbabagong ginagawa sa pagkakatalaga ng kanilang mga tungkulin. Ang naging pokus ng ating pagbabahaginan ay tungkol sa kung anong saloobin ang mayroon ang mga anticristo kapag nangyayari sa kanila ang gayong mga bagay, at kung ano ang mga nagiging desisyon nila. Siyempre, kahit ano pa ang perspektiba at saloobin ng isang anticristo kapag pinupungusan siya o kapag binabago ang pagkakatalaga ng kanyang mga tungkulin, palagi niyang iniuugnay ang mga bagay na ito kung makakatanggap ba siya ng mga pagpapala o hindi. Kung sigurado siyang hindi siya pagpapalain, na wala talaga siyang pag-asa, kusa na siyang aatras. Sa isang karaniwang tao, sa isang taong walang anumang ambisyon o pagnanais, hindi naman talaga isang malaking isyu para sa kanya ang pagpupungos o ang pagbabago ng pagkakatalaga ng kanyang tungkulin. Wala sa mga ito ang magkakaroon ng malaking epekto sa kanya. Hindi naman siya inalis ng karapatang gumawa ng tungkulin, ni hindi inalis ang pag-asa niyang maligtas, kaya para sa isang karaniwang tao, hindi na kailangang magkaroon ng labis na reaksiyon, matakot o masaktan, o magsimulang gumawa ng mga plano para sa di-inaasahang pangyayari. Gayumpaman, hindi ganito ang lagay para sa isang anticristo. Tinitingnan niyang isang napakaseryosong bagay ang mga ito, dahil iniuugnay niya ang mga ito sa pagiging pinagpala, at nagiging dahilan ito para magkaroon ng iba’t ibang mapaghimagsik na kaisipan at pag-uugali sa kanya, na dahilan naman para magkaroon ng mga ideya at planong pag-atras, na iwanan ang Diyos. Maaari pa ngang magkaroon ang mga anticristo ng ideyang umatras kapag nangyayari sa kanila ang mga ganitong bagay na labis na pangkaraniwan. Kaya, para sa isang taong may katayuan at responsable sa mahalagang gawain sa sambahayan ng Diyos, anong uri ng saloobin kaya ang mayroon siya kapag tatanggalin siya? Paano kaya niya ito haharapin, at ano kayang pagpili ang gagawin niya? Lalo pa ngang magsisilbing halimbawang naglililaw ang gayong mga bagay. Para sa isang anticristo, katayuan, kapangyarihan, at katanyagan ang pinakamahahalagang uri ng mga interes, at ang mga bagay na itinutumbas niya sa sarili niyang buhay. Ito ang dahilan kung bakit, kapag tinanggal

ang isang anticristo, kapag nawala na ang titulo niyang “lider” at wala na siyang katayuan, na nangangahulugang wala na siyang kapangyarihan at katanyagan, na hindi na siya makakatanggap ng espesyal na pagtrato ng paggalang, pagsuporta, at pagtingala, bilang isang anticristo na tinitingnan ang katayuan at kapangyarihan bilang buhay mismo, lubos itong hindi katanggap-tanggap sa kanya. Kapag natanggal ang isang anticristo, ang unang reaksiyon niya ay para siyang tinamaan ng kidlat, na para bang pinagsakluban siya ng langit at lupa, at gumuho ang kanyang mundo. Ang bagay na napaglagakan niya ng kanyang pag-asa ay wala na, gayundin ang pagkakataon niyang makapamuhay na mayroon ng lahat ng pakinabang ng katayuan, kasama na ang sigasig na mag-amok at gumawa ng masasamang bagay. Ito ang pinaka hindi katanggap-tanggap para sa kanya. Ang unang nasa isip niya ay, “Ngayong wala na akong katayuan, ano na ang magiging tingin sa akin ng mga tao? Ano na ang iisipin ng mga kababayan kong kapatid tungkol sa akin? Ano na ang magiging tingin sa akin ng lahat ng nakakakilala sa akin? Magsisipsip pa rin ba sila sa akin? Magiging napakabait ba nila sa akin? Patuloy pa ba nila akong susuportahan sa lahat ng pagkakataon? Susunod pa rin ba sila sa akin kahit saan? Aasikasuhin pa rin ba nila ang lahat ng bagay na kailangan ko sa buhay ko? Kapag nakikipag-usap ako sa kanila, magiging magalang pa rin ba sila sa akin at sasalubungin ako nang may ngiti? Paano ako makakaraos sa buhay nang wala ang katayuan ko? Paano ko tatahakin ang susunod na landas? Paano ako magkakaroon ng matibay na kinatatayuan para sa sarili ko sa gitna ng ibang tao? Ngayong nawala na ang katayuan ko, hindi ba’t ibig sabihin nito ay nabawasan na rin ang pag-asang pagpalain ako? Makakatanggap ba ako ng mga dakilang pagpapala? Makakakuha ba ako ng anumang malaking gantimpala, o isang malaking korona?” Kapag naiisip niyang nawasak na ang pag-asa niyang pagpalain o na nabawasan na ito nang husto, para bang sasabog na ang ulo niya, para bang pinupukpok ng martilyo ang kanyang puso, at kasingsakit ito ng mahiwa ng kutsilyo. Kapag mawawala na ang kanyang pagpapalang makapasok sa kaharian ng langit na araw-gabi niyang pinakaasam-asam, para itong isang napakasamang balita sa kanya na bigla na lang lumitaw mula sa kung saan. Sa isang anticristo, ang hindi pagkakaroon ng anumang katayuan ay katumbas ng hindi pagkakaroon ng anumang pag-asang pagpalain, at siya ay nagiging parang isang naglalakad na bangkay, nagiging parang isang walang-lamang kabibe ang katawan niya, walang kaluluwa, at walang kahit ano na gagabay sa buhay niya. Wala siyang pag-asa at wala siyang anumang aasahan sa buhay. Kapag nahaharap sa paglalantad at pagtatanggal ang isang anticristo, ang unang bagay na naiisip niya ay ang mawalan ng anumang pag-asang pagpalain. Kaya, susuko na lang ba siya sa puntong ito? Papayag kaya siyang magpasakop? Gagamitin kaya niya ang pagkakataong ito para talikuran ang pagnanais niyang magtamo ng mga pagpapala, bitiwang ang katayuan, maging handa na maging isang karaniwang tagasunod, at buong galak na magtrabaho para sa Diyos at gumawa ng kanyang tungkulin nang maayos? (Hindi.) Ito kaya ang magiging daan para magbago siya? Magiging daan kaya ito para mapabuti siya at

maging positibo, o makapagpapasama at makapagpapanegatibo ito sa kanya? Batay sa kalikasang diwa ng isang anticristo, maliwanag na ang pagkakatanggal ay hinding-hindi simula ng pagbitiw niya sa pagnanais niyang magtamo ng mga pagpapala, o ang simula ng pagmamahal at paghahanap niya sa katotohanan. Sa halip, lalo pa siyang magsisikap na lumaban para sa pagkakataon at sa pag-asang pagpalain; kakapit siya sa anumang pagkakataong makapagbibigay sa kanya ng mga pagpapala, na makakatulong sa kanya para magbalik sa kapangyarihan, at makakapanumbalik sa kanyang katayuan. Kaya, kapag nahaharap sa pagkatanggal, bukod sa masama ang loob niya, dismayado, at mapanlaban, makikipagbaka rin nang husto ang isang anticristo para hindi siya tanggalin, at sisikapin niyang baligtarin ang sitwasyon, at baguhin ito. Alang-alang sa pagpapanatili ng kanyang pag-asang pagpalain, at para sa pagpapanatili ng kanyang katayuan, katanyagan, at kapangyarihan sa ganoon ding kalagayan, nakikibaka siya sa abot ng makakaya niya. Paano siya nagpupunyagi? Sa pamamagitan ng pagtatanggol sa sarili niya, sa pamamagitan ng pangangatwiran, pagdadahilan, at pagsasabi tungkol sa kung paano niya ginawa ang mga bagay na ginawa niya, kung ano ang dahilan kung bakit siya nagkamali, kung paanong nagpupuyat siya buong magdamag para tulungan ang iba at makipagbahaginan sa kanila, at kung ano ang naging dahilan at nakapagpabaya siya sa bagay na ito. Lilinawin at ipapaliwanag niya nang husto ang bawat bahagi tungkol sa bagay na ito, nang sa gayon ay maisalba niya ang sitwasyon at matakasan ang kamalasan na matanggal.

Sa anong mga konteksto at bagay pinakamalamang na maibulgar at maibunyag ng mga anticristo ang satanikong kalikasan nila? Ito ay kapag inilalantad at tinatanggal sila, sa madaling sabi, kapag nawalan na sila ng katayuan. Ang pangunahing pagpapamalas na ipinapakita ng mga anticristo ay na ginagawa nila ang lahat ng kanilang makakaya para mapawalang-sala ang kanilang sarili at gumamit ng huwad na argumento. Kahit gaano mo pa ibahagi ang tungkol sa katotohanan sa kanila, lumalaban sila, at ayaw nilang tanggapin ang mga sinasabi mo. Kapag nahaharap sila sa paglalandad ng hinirang na mga tao ng Diyos ng lahat ng katunayan ng kanilang kasamaan, hinding-hindi nila inaamin ang mga bagay na ito, sa takot na kung aamin sila mapapatunayang nagkasala sila, at mapapaalis at mapapataksil sila. Habang tumatanggi silang aminin ang mga paratang laban sa kanila, ipinapasa pa nila ang mga pagkakamali at pananagutan nila sa ibang tao. Sapat nang ipinapakita ng katunayang ito na hindi kailanman tinatanggap ng mga anticristo ang katotohanan, hindi nila kinikilala ang kanilang mga pagkakamali, o tunay na nakikilala ang kanilang sarili, at pinatutunayan lalo nito na mapagmataas at mapagmagaling ang kanilang kalikasan, na tutol ito sa katotohanan, namumuhi sa katotohanan, at hindi talaga nito tinatanggap ang katotohanan, at kaya naman imposible na silang maligtas. Ang mga may kakaunting pagkatao at kaunting katwiran ay maaamin at matatanggap ang sarili nilang mga pagkakamali, iyuyuko ang kanilang ulo kapag nakompronta ng mga katunayan, at makakaramdam ng pagsisisi dahil sa masasamang bagay na nagawa nila; pero, hindi kayang gawin ng mga anticristo ang mga bagay na

ito. Ipinapakita nito na walang taglay na kahit anong konsensiya o katwiran ang mga anticristo, at wala talaga silang pagkatao. Sa puso nila, itinutumbas lagi ng mga anticristo ang taas o baba ng katayuan nila sa kung gaano kalaki o kaliit ang magiging mga pagpapala nila. Sa sambahayan ng Diyos man ito o sa anupamang grupo, para sa kanila, hinati-hati na ang katayuan at klase ng mga tao, gayundin ang kanilang mga kahihinatnan; kung gaano kataas ang katayuan ng isang tao at kung gaanong kapangyarihan ang hawak ng taong ito sa loob ng sambahayan ng Diyos sa buhay na ito, katumbas ito ng dami ng mga pagpapala, gantimpala, at korona na matatanggap ng taong ito sa mundong darating—magkakaugnay ang mga bagay na ito. Totoo ba ang pananaw na iyon? Hindi ito kailanman sinabi ng Diyos, ni hindi Niya kailanman ipinangako ang anumang gaya niyon, pero ito ang uri ng pag-iisip na umuusbong sa kaibuturan ng isang anticristo. Sa ngayon, hindi na muna natin sisiyasatin ang mga dahilan kung bakit may ganoong mga kaisipan ang mga anticristo. Pero pagdating sa kalikasang diwa nila, ipinanganak na silang mahilig sa katayuan, at umaasa rin silang magkakaroon sila ng bantog na katayuan at mataas na katanyagan sa buhay na ito, na makagamit sila ng kapangyarihan, at gusto nilang patuloy na tamasahin ang lahat ng ito sa mundong darating. Kaya, paano nila makakamit ang lahat ng ito? Sa isip ng mga anticristo, makakamit nila ito sa pamamagitan ng paggawa ng ilang bagay na kaya nilang gawin at ng mga bagay na gusto at hilig nilang gawin habang may katayuan, kapangyarihan, at katanyagan sila sa buhay na ito, at pagkatapos, ipapalit nila ang mga bagay na ito para sa mga pagpapala, korona, at gantimpala sa hinaharap. Ito ang pilosopiya ng mga anticristo para sa mga makamundong pakikitungo, at ganito ang paraan nila ng pananampalataya sa Diyos at ito ang perspektibang pinanghahawakan nila sa kanilang pananampalataya sa Diyos. Ganap na walang kinalaman sa mga salita at pangako ng Diyos ang kanilang mga kaisipan, pananaw, at ang paraan ng pananampalataya nila sa Diyos—ganap na walang kinalaman ang mga iyon. Sabihin ninyo sa Akin, hindi ba’t medyo may sira sa ulo ang mga anticristong ito? Hindi ba’t sobrang buktot nila? Binabalewala at ayaw nilang tanggapin ang anumang sinasabi ng mga salita ng Diyos, inaakala nilang tama ang paraan kung paano sila mag-isip at ang paraan kung paano sila manampalataya sa Diyos, at ikinatutuwa nila ito, nasisiyahan at hinahangaan ang sarili nila. Hindi nila hinahanap ang katotohanan, ni hindi nila sinisiyasat kung isinasaad ba ng mga salita ng Diyos ang mga gayong bagay o kung gumawa ba ang Diyos ng mga gayong pangako. Ipinagpapalagay ng mga anticristo na likas silang mas matalino kaysa sa ibang tao, likas na marunong, talentado, at may napaka-espesyal na kaloob; pakiramdam nila ay sila dapat ang namumukod-tanging tao sa kalipunan ng ibang tao, na sila dapat ang amo, na dapat silang tingalain ng iba, na dapat silang gumamit ng kapangyarihan, na dapat silang maghari sa iba, na para bang sila dapat ang mamahala sa lahat ng mananampalataya sa Diyos, at ang lahat ay dapat naroon para pangunahan nila. Ang lahat ng bagay na ito ang gusto nilang makamit sa buhay na ito. Gusto rin nilang makamit ang mga pagpapalang hindi kayang kamtin ng ibang tao sa mundong darating, at

itinuturing nila itong isang natural na bagay. Ang magkaroon ang mga anticristo ng gayong mga kaisipan at pananaw, hindi ba't nagmumukha silang medyo walang-kahihiyan dahil dito? Hindi ba't may pagkabingi sila sa katwiran? Sa anong batayan at ganito ka mag-isip? Sa anong batayan at gusto mong makuha ang mataas na pagpapahalaga ng iba? Sa anong batayan at gusto mong pamahalaan ang iba? Sa anong batayan at gusto mong magkaroon ng kapangyarihan at malagay sa isang mataas na posisyon sa gitna ng mga tao? Itinakda na ba ng Diyos noong una pa lang ang mga bagay na ito, o taglay mo ba ang katotohanan at ang pagkatao? Kalipikado ka bang igiit ang iyong katayuan at pamunuan ang iba dahil lang sa may kaunti kang pinag-aralan at kaalaman, at dahil medyo matangkad ka at may hitsura ka? Kalipikado ka na bang magbigay ng mga utos dahil doon? Kalipikado ka na bang kontrolin ang ibang tao dahil doon? Saan naroroon sa mga salita ng Diyos na sinasabi Niyang, "Kaakit-akit ka, nagtataglay ka ng mga kalakasan at kaloob, kaya naman dapat mong pamunuan ang ibang tao at dapat kang magkaroon ng permanenteng katayuan"? Ibinigay ba sa iyo ng Diyos ang kapangyarihang ito? Itinadhana ba ito ng Diyos? Hindi. Kapag pinipili ka ng mga kapatid na maging lider o manggagawa, binibigyan ka ba nila ng katayuan? Isa ba itong pagpapala na nararapat sa iyo sa buhay na ito? Binibigyang-pakahulugan ng ilang tao na ang pagtatamasa sa mga bagay na ito ay katumbas ng pagtanggap ng daan-daang pagpapala sa buhay na ito, at iniisip nila na hangga't may katayuan at kapangyarihan sila, at kaya nilang mag-utos at mamahala ng maraming tao, dapat silang mapaligiran ng grupo ng mga tagasunod, at dapat lagi silang may mga taong magsisilbi at lumiligid sa kanila saan man sila magpunta. Sa anong batayan at gusto mong magtamasa ng mga bagay na ito? Pinipili ka ng mga kapatid para maging isang lider nang sa gayon ay magawa mo ang tungkuling ito; hindi ito para mailihis mo ang mga tao, bigyan ka ng mataas na pagpapahalaga at tingalain ng mga kapatid, at lalong hindi para makagamit ka ng kapangyarihan at matamasa mo ang mga pakinabang ng katayuan, sa halip, ito ay para magawa mo ang tungkulin mo alinsunod sa mga pagsasaayos ng gawain at sa mga katotohanang prinsipyo. Higit pa rito, hindi itinadhana ng Diyos na ang isang taong pinili ng mga kapatid para maging lider ay hindi puwedeng tanggalin. Sa tingin mo ba ay isa kang tao na kinakasangkapan ng Banal na Espiritu? Sa tingin mo ba ay walang puwedeng magtanggal sa iyo? Kaya anong mali sa pagtanggal sa iyo? Kung hindi ka napatalsik, ito ay dahil kinaawaan ka at binibigyan ka pa ng pagkakataong magsisi, pero hindi ka pa rin nakuntento. Ano ba ang idinedebate mo? Kung gusto mong umatras at hindi na manampalataya sa Diyos dahil nasira na ang pag-asa mong pagpalain, sige umatras ka! Sa tingin mo ba ay hindi makakapagpatuloy ang sambahayan ng Diyos nang wala ka? Na titigil sa pag-ikot ang mundo kung wala ka? Na hindi maisasakatuparan ang gawain ng sambahayan ng Diyos kung wala ka? Kung gayon, mali ang iniisip mo! Hindi titigil ang ikot ng mundo, o ang pagsikat ng araw dahil sa pagkawala ng sinumang tao—tanging ang Diyos ang hindi puwedeng mawala, hindi ang sinumang tao—patuloy na tatakbo ang gawain ng iglesia gaya nang dati. Kung iniisip ng

sinuman na hindi makapagpapatuloy ang iglesia kung wala siya, at na hindi kakayanin ng sambahayan ng Diyos kung wala siya, hindi ba't isa siyang anticristo? Nasanay ka nang tinatamasa ang mga pakinabang ng katayuan, hindi ba? Nasanay ka nang nasisiyahan na tinitingala ka, iginagalang nang husto, at na masyadong sumisipsip sa iyo ang iba, hindi ba? Paano ka naging kalipikado na tamasahin ang pagtingala ng iba? Paano ka naging kalipikado na batiin ng iba nang may ngiti? Gusto mo rin bang yumukod ang mga tao at sambahin ka? Kung ganoon, hindi ba't nangangahulugan iyon na lubos na wala kang kahihyan? Kapag tinatanggal ang ilang tao sa kanilang tungkulin, lalong sumasama ang loob nila at mas nagdurusa pa kaysa sa isang namatayan ng kapamilya. Inuungkat nila ang lahat at nakikipagtalo sila sa sambahayan ng Diyos, na para bang wala nang ibang maaaring mamuno sa iglesia, na para bang sila lang ang sumusuporta sa gawain ng iglesia hanggang sa kasalukuyan—isa itong malaking pagkakamali. Ang hindi pagtalikod sa Diyos ng hinirang na mga tao ng Diyos ay isang epektong nakamit ng mga salita ng Diyos, at dumadalo sila sa mga pagtitipon at isinasabuhay nila ang buhay iglesia dahil nananampalataya sila sa Diyos at mayroon silang tunay na pananalig sa Diyos. Hindi ito ang kaso na naninindigan at karaniwang dumadalo sa mga pagtitipon ang hinirang na mga tao ng Diyos dahil nauunawaan ng mga taong ito ang katotohanan at dinidiligan nila ang mga ito nang maayos. Napapalitan ang mga lider sa iglesia nang paulit-ulit, maraming huwad na lider at huwad na manggagawa ang tinatanggal, at dumadalo ang hinirang na mga tao ng Diyos sa mga pagtitipon at kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos gaya nang dati—wala itong kinalaman sa mga huwad na lider at huwad na manggagawa sa anupamang paraan. Ano ang saysay sa mga argumentong iyon? Hindi ba't gumagawa ka lang ng mga argumentong kakatwa at magulo? Kung tunay na tinataglay mo ang katotohanang realidad at nalutas mo na ang marami sa mga isyu ng hinirang na mga tao ng Diyos sa buhay pagpasok, malalaman ito ng hinirang na mga tao ng Diyos sa kanilang puso; kung hindi mo naman tinataglay ang katotohanang realidad at hindi mo kayang makipagbahaginan tungkol sa katotohanan para lutasin ang mga problema, kung magkagayon, walang kinalaman sa iyo ang normal na pag-unlad ng gawain ng iglesia. Napakaraming huwad na lider at huwad na manggagawa ang patuloy na nagdadahilan matapos silang matanggal, na para bang napakarami nilang naiambag sa iglesia, samantalang ang totoo niyan, wala naman silang nagawang anumang tunay na gawain, at ang normal na kaayusan ng buhay iglesia ay hindi napanatili sa pamamagitan ng pagmamantini nila; kahit wala sila, patuloy na dumadalo nang normal sa mga pagtitipon ang hinirang na mga tao ng Diyos at ginagampanan ang kanilang mga tungkulin gaya nang dati. Kung hindi mo taglay ang katotohanang realidad at hindi mo kayang gumawa ng anumang tunay na gawain, kung gayon, dapat kang tanggalin para hindi ka na patuloy na makaapekto at makaantala kapwa sa gawain ng iglesia at sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Ang isang huwad na lider o huwad na manggagawang tulad mo ay hindi gagamitin ng sambahayan ng Diyos—inisip mo bang walang kapangyarihan ang sambahayan ng Diyos na tanggalin

ka? Ginulo mo lang ang gawain mo, nakapagdulot ka ng malaking problema at napakalaking kawalan sa gawain ng iglesia, pinag-alala mo nang husto ang ang Itaas, nagdudulot ng maraming problema ang paggamit sa iyo, at nagiging dahilan tuloy ito para makaramdam ang mga tao ng matinding pagkasuya, pagtutol, at pagkasuklam. Napakahangal, napakamangmang, at napakatigas ng ulo mo, at hindi ka nararapat na pungusan man lang, kaya gusto ka nang sipain palabas ng sambahayan ng Diyos, itiwag ka kaagad, at nang matapos na ang usapin. Pero gusto mo pa ring bigyan ka ng ang Itaas ng isa pang pagkakataon para manatiling lider? Hindi bale na! Pagdating sa mga huwad na lider at anticristo na walang konsensiya at katwiran at gumagawa ng kasamaan at lumilikha ng mga kaguluhan, kapag itiniwalag na sila, habambuhay na silang tiwalag. Kung kaya mong gumawa ng tunay na gawain, gagamitin ka; kung hindi mo kayang gumawa ng tunay na gawain at gumagawa ka rin ng kasamaan at lumilikha ng mga kaguluhan, ititiwalag ka kaagad—ito ang prinsipyo ng sambahayan ng Diyos sa paggamit sa mga tao. Hindi sumusuko ang ilang anticristo, at sinasabing, “Tatanggalin mo ako dahil sa hindi ako gumawa ng tunay na gawain—bakit hindi mo ako bigyan ng pagkakataong magsisi?” Hindi ba’t baluktot na argumento ito? Tinatanggal ka dahil nakagawa ka ng maraming kasamaan, at tinatanggal ka lang matapos pungusan nang napakaraming beses at lubos ka pa ring tumatangging magsisi, kaya ano pa bang mga pangangatwiran ang magagawa mo? Naghangad ka ng kasikatan, pakinabang, at katayuan at hindi ka gumawa ng tunay na gawain, hindi umusad ang gawain ng iglesia dahil sa iyo, at tambak ang napakaraming problema at hindi mo inasikaso ang mga ito—gaanong pag-aalala ang idinulot nito sa ang Itaas nang dahil sa iyo? Habang sinusuportahan ka ng ang Itaas at tinutulungan ka sa gawain mo, may mga bagay kang ginagawa nang palihim, napakarami mong ginagawa na labag sa mga prinsipyo, mga bagay na hindi dapat makita, habang nakatalikod ang ang Itaas, ginagastos ayon sa maibigan mo ang mga handog para sa Diyos para bumili ng napakaraming bagay na hindi mo dapat bilhin, na nagdudulot ng matinding pinsala sa mga interes ng sambahayan ng Diyos at nagdadala ng napakatinding sakuna sa gawain ng iglesia! Bakit hindi ka man lang nagsasalita tungkol sa masasamang gawang ito? Kapag gusto ng sambahayan ng Diyos na tanggalin ka, ganap na walang kahihyan mong sinasabi, “Maaari mo ba akong bigyan ng isa pang pagkakataon?” Dapat ka bang bigyan ng sambahayan ng Diyos ng isa pang pagkakataon nang sa gayon ay patuloy kang makapag-amok at gumawa ng masasamang bagay? Wala ka na ba talagang kahihyan na hilingin sa sambahayan ng Diyos na bigyan ka pa ng isa pang pagkakataon? Maaari ka bang bigyan ng isa pang pagkakataon nang hindi mo man lang nakikilala ang sarili mong kalikasan, lalo na’t wala kang anumang pagsisisi sa puso mo? Walang kahihyan ang mga taong tulad nito, makapal ang mukha nila, at sila ay masasamang tao at mga anticristo!

Wala man lang magawang tunay na gawain ang ilang lider at manggagawa, at wala pa rin silang anumang magawa kahit matapos magabayan at matulungan ng ang Itaas sa loob ng ilang panahon. Ni hindi nila maasikaso nang maayos ang gawain ng mga

pangkalahatang usapin, at ipinapakita nito na masyado silang kulang sa kakayahan. Dapat ding regular na usisain at inspeksiyonin ng ang Itaas ang lahat ng aspekto ng gawain at sabihan ang mga kapatid na mag-ulat kaagad ng anumang problema; kailangan din ng ang Itaas na magsagawa ng mga pagsusuri, magbigay ng gabay, at makipagbahaginan tungkol sa mga prinsipyong may kinalaman sa lahat ng aspekto ng gawain. Pagkatapos makipagbahaginan ng ang Itaas tungkol sa mga prinsipyo, may ilang tao pa ring hindi alam kung paano gagawin ang mga bagay-bagay, at hindi nila ito ginagawa nang maayos, at nag-aamok pa nga ang ilan at gumagawa ng masasamang bagay; kahit ano pang gawain ang ginagawa nila, hindi sila kailanman sumasangguni sa ang Itaas, hindi nila kailanman iniulat ang anumang problema sa ang Itaas, sa halip ginagawa lang nila ang mga bagay-bagay nang palihim—anong problema ito? Ano ang kalikasan ng mga taong ito? Mahal ba nila ang katotohanan? Nararapat ba silang linangin? Nararapat pa rin ba silang maging mga lider at manggagawa? Una, hindi sila naghahanap bago nila gawin ang isang bagay; pangalawa, hindi sila gumagawa ng anumang ulat habang ginagawa nila ito; at pangatlo, hindi sila nagbibigay ng feedback matapos gawin ito. Labis na kahiya-hiya silang kumilos at ayaw pa rin nila na matanggal sila, at hindi sila sumusuko pagkaraan na matanggal sila—hindi ba’t wala nang magagawa pa para sa mga taong ito? Sabihin ninyo sa Akin, hindi ba’t wala talagang kahihiyan at bingi sa lahat ng katwiran ang karamihan sa mga taong mahirap nang tulungan? Wala silang ginagawang maayos, at sila ay tamad at nagpapakasasa sa kaginhawahan; kapag may anuman silang ginagawa, utos lang sila nang utos, at kapag nakapagsalita na sila wala na silang iba pang ginagawa. Hindi nila kailanman pinangangasiwaan, iniinspeksiyon, o sinusubaybayan muli ang gawain, nakakaramdam sila ng pagkapoot at galit sa sinumang gumagawa ng ganitong mga bagay, at gusto nilang papagdusahin ang taong iyon—hindi ba’t mga klasikong anticristo ang mga ito? Kawalang-kahihiyan ito ng mga anticristo; hindi nila alam kung ano sila, kumikilos sila nang walang kahihiyan at gusto pa rin nilang pagpalain sila, gusto pa rin nilang makipagkompetensiya laban sa sambahayan ng Diyos at sa ang Itaas para sa superyoridad, at gusto pa rin nilang makipagtalo—hindi ba nila inilalapit ang sarili nila sa kamatayan sa paggawa nila ito? Kapag tinanggal ang mga basurang gaya nito, nagiging galit at sutil sila. Wala talaga silang kahihiyan at wala silang kahit katiting mang katwiran! Kapag ginagampanan nila ang kanilang tungkulin, nag-aamok sila at gumagawa ng masasamang bagay at ginagambala at ginugulo nila ang gawain ng iglesia, at kapag tinanggal sila, hindi lamang sa tumatangi silang kilalanin ang sarili nilang mga pagkakamali, ipinapasa rin nila ang pananagutan sa iba at naghahanap sila ng ibang masisisi, na sinasabing, “Ginawa niya ang bagay na ito, hindi lang ako ang responsable sa paggawa ng isang bagay na iyon. Sama-samang pinag-usapan ng lahat ang bagay na iyon at hindi ako ang pasimuno.” Hindi nila inaako ang kahit anong pananagutan, na para bang kapag pinanagutan nila ang isang bagay, makokondena at matitiwalag sila at lubusang mawawala ang pag-asa nilang pagpalain. Samakatwid, mas gugustuhin pa nilang mamatay kaysa aminin ang kanilang mga

pagkakamali at aminin na sila ang mismong may pananagutan, sa halip ay pilit nilang ipinapasa sa iba ang pananagutan. Kung titingnan ang kanilang mentalidad, lalaban sila sa Diyos hanggang sa pinakahuli! Mga tao ba itong tumatanggap sa katotohanan? Mga tao ba itong tinatanggap ang paghatol at pagkastigo ng Diyos? Ang magawang labanan ang sambahayan ng Diyos sa ganitong paraan ay nagpapakita na may mali talaga sa kanilang disposisyon. Pagdating sa kung paano nila hinaharap ang kanilang mga pagkakamali, una sa lahat, hindi nila hinahanap ang katotohanan, at pangalawa, hindi nila pinagninilay-nilayan ang sarili nila; ipinapasa rin nila ang pananagutan sa iba, at kapag inilarawan sila ng sambahayan ng Diyos sa isang partikular na paraan at tinanggal sila sa kanilang tungkulin, lumalaban sila sa sambahayan ng Diyos, at ipinagkakalat nila ang kanilang mga reklamo at pagkanegatibo saan man sila magpunta, at sinusubukang makuha ang simpatiya ng hinirang na mga tao ng Diyos. Nananampalataya sila sa Diyos pero nangangahas silang salungatin Siya—hindi ba nila inilalapit ang sarili nila sa kamatayan? Talaga ngang bingi ang mga taong ito sa lahat ng katwiran! Kaya ano naman kung tinanggal sila sa kanilang tungkulin at nawala ang kanilang katayuan? Hindi pa naman sila pinatalsik, at ang karapatan nilang mabuhay ay hindi pa naman inaalis sa kanila; maaari silang magsisi, magsimulang muli, at bumangong muli kung saanman sila nabigo at nadapa. Ni hindi matanggap ng mga anticristo ang gayong kasimpleng bagay—imposible na talagang maligtas ang mga taong ito! Siyempre, kapag natanggal ang ilang anticristo, nag-aatubili silang sumunod sa panlabas, at hindi sila kumikilos nang masyadong nasisiraan ng loob o nagpapakita ng anumang antagonismo, pero ibig bang sabihin nito ay tinatanggap na nila ang katotohanan at nagpapasakop na sila sa Diyos? Hindi, hindi ganoon. May anticristong disposisyon at diwa ang isang anticristo, at ito ang ipinagkaiba niya sa isang normal na tao. Bagama't sa panlabas ay wala siyang sinasabi matapos siyang tanggalin, sa puso niya ay patuloy siyang lumalaban. Hindi niya inaamin ang kanyang mga pagkakamali, at gaano man katagal ang panahong lumipas, hindi siya kailanman magkakaroon ng kakayahang tunay na kilalanin ang kanyang sarili. Matagal na itong napatunayan. Mayroon ding isa pang bagay tungkol sa isang anticristo na hindi nagbabago kailanman: Saanman niya ginagawa ang mga bagay-bagay, gusto niyang maging iba, tingalain at pahalagahan ng iba; kahit na wala siyang lehitimong posisyon at titulo bilang lider ng iglesia o lider ng pangkat gusto pa rin niyang makahigit sa iba pagdating sa katayuan at kahalagahan. Kaya man niyang gawin ang gawain, anupaman ang uri ng pagkatao o karanasan sa buhay ang mayroon siya, mag-iisip siya ng iba't ibang kaparaanan at gagawin ang lahat ng kanyang makakaya para makahanap ng pagkakataon na magpakitang-gilas, makuha ang pabor ng mga tao, makuha ang loob ng iba, at maakit at malihis ang mga tao, para makuha ang kanilang pagpapahalaga. Ano ang gusto ng mga anticristo na hangaan sa kanila ng mga tao? Kahit na tinanggal na sila, iniisip nila na “mas malakas pa rin ang isang nanghihinang oso kaysa sa isang usa,” at na nananatili silang agila na lumilipad sa ibabaw ng mga manok. Hindi ba't ito ang pagmamataas at pag-aakalang mas matuwid kaysa iba ng mga anticristo, at kung

ano ang naiiba sa kanila? Hindi nila makakayang tanggapin sa kanilang sarili na wala silang katayuan, na maging pangkaraniwang mananampalataya at isang ordinaryong taong ginagawa lang ang kanilang tungkulin nang mahusay at sa praktikal na paraan, na manatili sa kanilang puwesto, na gawin nang maayos ang trabaho nila, na ipakita ang kanilang katapatan at gawin ang lahat ng makakaya nila sa gawaing napupunta sa kanila. Hindi sila nasisiyahan sa mga bagay na ito. Ayaw nilang maging ganoong uri ng tao o gawin ang ganoong mga bagay. Ano ang kanilang “pinakamataas na adhikain”? Ang pahalagahan at tingalain, at humawak ng kapangyarihan. Kaya, kahit wala siyang partikular na titulo sa kanyang pangalan, magsusumikap ang isang anticristo para sa kanyang sarili, magsasalita at mangangatwiran para sa kanyang sarili, gagawin ang lahat ng kanyang makakaya para magpasikat, natatakot na hindi siya mapansin ng mga tao o na walang magbibigay ng atensiyon sa kanya. Susunggaban niya ang bawat oportunidad para lalong makilala, lalong maging tanyag, makita ng mas maraming tao ang kanyang mga kaloob at kalakasan, at maipakita na mas mataas siya kaysa sa iba. Habang ginagawa ang mga bagay na ito, handa ang isang anticristo na magbayad ng anumang halagang kinakailangan para magpakitang-gilas at parangalan ang kanyang sarili, para isipin ng lahat na, kahit na hindi na siya lider, at wala nang katayuan, mas mataas pa rin siya sa mga ordinaryong tao. Kung magkagayon, nakamit ng isang anticristo ang kanyang layon. Ayaw niyang maging pangkaraniwang tao, isang ordinaryong tao; gusto niya ng kapangyarihan at katanyagan, at maging nakahihigit sa iba. Sinasabi ng ilang tao, “Hindi lubos-maisip ito. Ano ba ang silbi ng pagkakaroon ng katayuan, katanyagan, at kapangyarihan?” Sa isang taong may katwiran, walang kabuluhan ang kapangyarihan at katayuan, at hindi ito ang mga bagay na dapat niyang hangarin. Pero para sa mga anticristong punong-puno ng ambisyon, napakahalaga ng katayuan, kapangyarihan, at katanyagan sa kanila; walang sinumang makapagpapabago ng kanilang perspektiba, at walang sinumang makapagpapabago ng paraan ng kanilang pamumuhay at mga layon ng kanilang pag-iral—ito ang kalikasang diwa ng mga anticristo. Kaya, kung may makikita kang isang tao na gumagampan ng kanyang tungkulin nang may pagkukusa at iniingatan ang kanyang katayuan kapag hawak niya ito, at gusto pa rin niyang gawin ang lahat ng kanyang makakaya para protektahan ang sarili niyang reputasyon kapag wala siyang katayuan—ang ganitong uri ng tao ay imposible nang maligtas, at isa siyang ganap na anticristo.

Bago at pagkatapos tanggalin ang isang anticristo, kapag bigo pa rin siyang makakuha ng katayuan, maging ng kapangyarihan at katanyagang gusto niya sa kabila ng ginawa niyang sunod-sunod na mga pagsusumikap, hindi niya bibitiwan ang katayuan at ang pagnanasa niyang magtamo ng mga pagpapala. Hindi niya isasantabi ang mga bagay na ito at hindi niya itinutuwid ang sarili para hangarin ang katotohanan, o gagawin nang maayos ang kanyang tungkulin sa isang praktikal at maayos na paraan. Hindi siya kailanman tunay na magsisisi sa anumang maling nagawa niya, at sa halip ay gagawa siya ng paulit-ulit na mga pagtatasa gaya ng, “Magkakaroon ba ako ng anumang pag-asang

magtamo ng katayuan sa hinaharap? May anumang pag-asa ba ako na pagpalain kung wala akong katayuan? Matutupad ba ang pagnanais kong magtamo ng mga pagpapala? Nasa anong ranggo ba ako sa sambahayan ng diyos, at sa iglesia? Nasaan ba ako sa herarkiya?” Kapag napagkongklusyunan niyang wala naman siyang dakilang katanyagan sa iglesia, na hindi naman maganda ang tingin sa kanya ng mas nakararaming tao, at na ginagamit pa nga siya ng marami bilang isang negatibong halimbawa sa pagtuturo, pakiramdam niya ay sirang-sira na ang katanyagan niya sa loob ng iglesia, na wala sa kanya ang suporta ng karamihan sa mga tao, at imposible nang sang-ayunan pa siya ulit ng karamihan ng mga tao, at na halos wala naman siyang pag-asa na pagpalain. Kapag nakikita niya ang lahat ng ito, kapag ito ang nagiging mga kongklusyon niya sa kanyang pagtatasa, ang magiging isipan at saloobin pa rin niya ay hindi ang bitiwang sarili niyang mga intensyon at pagnanais at tunay na magsisi sa Diyos, o lubos na itataga ang kanyang sarili sa pagtatrabaho para sa Diyos, at gawin ang kanyang tungkulin nang tapat. Hindi ito ang nasa isip niya—kung hindi ganito, ano? “Yamang hindi ko makakamit ang aking mga adhikain o hindi ako magkakaroon ng anumang katayuan sa sambahayan ng diyos, at sa iglesia, kung gayon, bakit kailangan ko pang patuloy na sumunod sa landas na ito na wala namang kapupuntahan? Maaaring makinabang ang mga tao sa pagbabago ng lokasyon. Maaari talagang bumuti ang mga bagay-bagay para sa akin kung lilipat ako sa ibang lugar. Bakit nga ba hindi na lang ako umalis sa lugar na ito na nagdulot ng sakit sa puso ko? Bakit hindi ko na lang iwan ang lugar na ito kung saan hindi ko matupad ang aking mga adhikain, kung saan mahirap makamit ang aking mga adhikain?” Kapag naiisip ng isang anticristo ang mga bagay na ito, hindi ba’t ibig sabihin niyon ay aalis na siya sa iglesia? Gugustuhin ba ninyong umalis ang ganoong tao, o manatili? Dapat ba siyang himuking manatili? (Hindi siya dapat himukin, at hindi naman siya mananatili kahit subukan pa ng mga taong himukin siya.) Walang makakapilit sa kanya na manatili—totoo ito. Ano ang dahilan nito? Dahil sa realidad, hindi naman talaga mahal ng mga anticristo ang katotohanan, ang pananatili sa sambahayan ng Diyos ay magdudulot lang sa kanila ng pasakit. Para lang itong sinusubukan mong manghikayat ng isang bayarang babae, isang mahalay na babae, para maging katuwang ng kanyang asawang lalaki at edukahin ang kanyang mga anak, na maging isang disenteng babae at mabuting asawa at mabait na ina. Magagawa ba niya ang mga bagay na iyon? (Hindi.) Usapin ito ng kalikasan ng isang tao. Kaya kung nakikita mong gusto ng isang anticristo na umatras, anuman ang gawin mo, huwag mo siyang subukang kumbinsihing manatili, maliban kung may isang partikular na sitwasyon, kung saan sinasabi niyang, “Bagaman isa akong anticristo, gusto kong magtrabaho para sa sambahayan ng diyos. Pipilitin ko ang aking sarili na huwag gumawa ng anumang masama at maghihimagsik ako laban kay Satanas.” Sa ganitong kaso, kailangan ba siyang bugawing gaya ng isang langaw? (Hindi.) Sa ganitong kaso, maaari nating hayaan na lang na kusang mangyari ang mga bagay-bagay, pero may isang pamamaraan ang dapat ilapat: Dapat pangasiwaan at bantayan ng mas maraming tao ang anticristong iyon, at sa unang senyales pa lang ng problema, gaya ng gusto niyang

gumawa ng masama, dapat siyang alisin agad-agad. Kung hindi niya kayang tiisin na pinapangasiwaan at binabantayan siya ng iba, at pakiramdam niya ay minamaltrato siya at ayaw niyang magtrabaho, kung gayon, paano ba dapat tratuhin ang isang taong gaya nito? Dapat mo siyang tulungan sa paglisan niya at sabihing, “May talento ka, at dapat kang humayo sa mundong walang pananampalataya at tuparin ang engrande mong mga plano. Isa kang isda na masyadong malaki para sa maliit na palaisdaang ito, hindi bagay sa iyo ang iglesia. Hindi mo maibubuka ang mga pakpak mo dito; ang gawaing ito ay hindi karapat-dapat para sa iyong mga talento. Kung babalik ka sa mundo baka tumaas ang ranggo mo, kumita ka ng maraming pera, at yumaman. Baka maging sikat kang tao!” Hikayatin mo na siyang umalis agad. Kung naghahangad siya ng kayamanan at katayuan, at hinahanap-hanap niya ang mga pakinabang ng katayuan, kung gayon, hayaan mo siyang bumalik sa mundo para magtrabaho at kumita ng pera, para maging isang opisyal at tamasahin ang kanyang buhay na nauukol sa laman. Maaari sigurong itanong ng ilan kung ang pagtrato ba sa kanya nang ganito ay pagtrato sa kanya nang walang mapagmahal na puso. Ang totoo, kahit hindi mo pa sabihin ang gayong mga bagay sa kanila, maiisip ng mga anticristo sa kanilang puso, “Hmph, inangat isang araw at pagkatapos ay tinanggal naman sa susunod. Binigyan nga ako ng katayuan pero binabantayan naman ako, pinangangasiwaan, at pinupungusan—nakakayamot naman nito! Hindi mahirap para sa akin na makahanap ng ganitong uri ng katayuan, at kung hindi ako nanampalataya sa diyos, mayaman na sana ako at mataas na sana ako ngayon sa herarkiya ng lipunan sa mundo, isa na sana akong kadre man lang sa lungsod. Ipinanganak ako para maging isang opisyal. Namumukod-tangi ako anuman ang gawin ko sa mundong ito, nagagawa ko nang maayos ang lahat ng bagay, kaya kong gumawa ng pangalan para sa sarili ko sa anumang industriya, at masigasig ako.” Kahit hindi mo pa sabihin sa kanya ang gayong mga bagay, sasabihin niya ang ganitong mga bagay, at kaya dapat magsalita ka kaagad ng ilang magagandang pakinggang mga salita na gusto niyang marinig at himukin mo siyang umalis kaagad sa iglesia—makikinabang ang lahat dito. Naghahangad ng katayuan, kapangyarihan, at katanyagan ang mga anticristo; ayaw nilang maging ordinaryong mga tao, bagkus gusto nilang laging makaungos sa iba, hanggang sa masira nila ang kanilang reputasyon at katayuan, at maisumpa ng Diyos sa bandang huli. Kaya, payag ba kayong maging ordinaryong mga tao? (Oo.) Kung tutuusin, makahulugan ang maging ordinaryong mga tao. Hindi naghahangad ng kasikatan at pakinabang, sa halip ay namumuhay ng totoong buhay, namumuhay nang may kapayapaan at kagalakan, at magkaroon ng pusong matatag—ito ang tamang landas sa buhay. Kung gusto lagi ng isang tao na maging nakahihigit at magingangat kaysa sa iba, katumbas iyon na pagsalang nila ng kanilang sarili sa apoy at inilalagay ang kanilang sarili sa gilingan ng karne—naghahanap sila ng gulo. Bakit ba sila may ganoong damdamin? Isang mabuting bagay ba ang magingangat kaysa sa iba? (Hindi.) Hindi ito isang mabuting bagay. Pero pilipinang mga anticristo ang landas na ito. Anuman ang gawin ninyo, huwag ninyong sundan ang landas na ito!

Kapag wala pang pundasyon ang isang ordinaryong tiwaling tao sa kanyang pananampalataya sa Diyos, kapag hindi pa siya nagkakaroon ng tunay na pananalig sa Diyos, kakaunti lang ang kanyang pananalig o tayog. Kapag nahaharap sa isang balakid ang ganitong tao, magiging mababa ang tingin niya sa kanyang sarili, at iisipin niyang hindi siya mahal ng Diyos, na namumuhi ang Diyos sa kanya. Kapag nakikita niyang hanggang doon na lang siya at nabibigo sa bawat pagkakataon, hindi mabigyang kaluguran ang Diyos, masisiraan na siya ng loob; makakaranas din siya ng kaunting panghihina at pagkanegatibo, at paminsan-minsan ay maiisipan niyang iwan ang iglesia. Pero hindi ito katulad ng pagiging suwail. Ganitong uri ng kaisipan ang pumapasok sa isang tao kapag nawawalan siya ng pag-asa at nasisiraan ng loob, at ibang-iba ito sa pag-atras ng isang anticristo. Kapag gusto ng isang anticristo na umatras, mas gugustuhin pa niyang mamatay kaysa magsisi, pero kapag nasisiraan ng loob ang isang ordinaryong tiwaling tao at naiisipan nitong umalis sa iglesia, sa tulong at pakikipagbahaginan ng iba, kasama ng sarili niyang aktibong pakikipagtulungan, at sa pamamagitan ng panalangin at paghahanap, at pagbabasa ng mga salita ng Diyos, magagawa ng mga salita ng Diyos na unti-unting maimpluwensiyahan siya, baguhin siya, at baguhin kung mananatili ba siya o aalis, pati na ang kanyang desisyon at isip. Gayundin, matutulungan din siya ng mga salita ng Diyos para unti-unting makapagsisi, magkaroon ng positibong saloobin, at determinasyong magpunyagi, na nagbibigay-daan para unti-unti siyang lumakas. Isa itong pagpapamalas ng proseso ng buhay pagpasok para sa isang normal na tao. Sa kabilang dako, makikipagbaka naman ang isang anticristo hanggang sa huli. Hindi siya kailanman magsisisi, at mas nanaisin pa niyang mamatay kaysa aminang mali siya, kaysa kilalanin ang kanyang sarili, kaysa isuko ang pagnanais niyang magtamo ng mga pagpapala. Wala siyang taglay ni katiting mang buhay pagpasok. Kaya, para sa isang taong ganon, na ayaw magtrabaho, o hindi ito ginagawa nang maayos, payuhan mo na lang siyang umalis sa iglesia. Isa itong matalinong desisyon, at ang pinakamatalinong paraan para harapin ang gayong bagay. Kahit hindi mo siya payuhang gawin iyon, magagawa mo bang kumbinsihin siyang manatili? Mababago mo ba ang pamamaraan niya sa paghahangad o ang kanyang perspektiba? Hindi mo kailanman mababago ang mga bagay na ito. May ilang tao na hinihimok na manatili, at tinutulungan at sinusupportahan ng sambahayan ng Diyos, dahil ang pagkanegatibo nila, ang kanilang kahinaan, at ang mga tiwaling disposisyong ibinunyag nila ay karaniwan na sa lahat ng ordinaryong tiwaling tao, at nasasaklaw sa maituturing na normal. Sa pamamagitan ng pagbabahaginan tungkol sa mga salita ng Diyos, sa tulong at suporta ng iba, maaari silang unti-unting lumakas, magkaroon ng tayog, magkaroon ng pananalig sa Diyos, at maging sinsero sa pagganap ng kanilang tungkulin. Ganitong uri ng tao ang dapat nating tulungan at himuking manatili. Pero, para sa mga anticristong ayaw magtrabaho o hindi nagtatrabaho nang maayos, himukin mo na silang umalis, dahil, bago mo pa man sila payuhang umalis, nais na talaga nilang gawin iyon, o nasa bingit na silang umalis anumang oras. Ito ang iba't ibang pagpapamalas at

kaisipang mayroon ang mga anticristo kapag nahaharap sila sa pagkatanggal at kagustuhang umatras.

IV. Pag-uugali ng mga Anticristo Kapag Hindi Sila Inaangat

May isa pang uri ng tao na hindi naghahangad sa katotohanan. Dahil hindi hinahangad ng mga ganitong uri ng tao ang katotohanan, hindi sila gumaganap ng mahahalagang tungkulin, at dahil doon, bihira silang makaranas ng pagpupungos sa sambahayan ng Diyos, hindi nila kailanman naranasang matanggal sa kanilang mga tungkulin, at siyempre, napakadalang na mabago ang pagkakatalaga ng kanilang tungkulin. Pero, kapag hindi pa rin sila inaangat matapos nilang manampalataya sa Diyos nang ilang taon, nagsisimula na silang malimit na tasahin kung gaanong pag-asa ba ang mayroon sila na tumanggap ng mga pagpapala. Lalo na kapag nakikita nilang sinasabi ng mga salita ng Diyos na, “Hindi maaaring magtamo ng kaligtasan ang mga hindi naghahangad sa katotohanan,” pakiramdam nila ay napakaliit ng pag-asang pagpalain pa sila, at naiisip na nilang umatras. Ang ilan sa mga taong ito na hindi kailanman hinahangad ang katotohanan ay nagtataglay ng ilang kaalaman at kalakasan, at dahil hindi sila inaangat, hindi sila nasisiyahan at nagsisimula na silang magreklamo; gusto na nilang umatras pero natatakot sila na mawawala ang tsansa nilang pagpalain, pero kung hindi naman sila aatras, hindi pa rin naman sila iaangat—pakiramdam nila ay nasa mahirap silang sitwasyon at kailangan nilang gumawa ng mahirap na desisyon. Ano ang masasabi ninyo tungkol sa bagay na ito? Bagama’t hindi hinahangad ng mga taong ito ang katotohanan, medyo palaaral at determinado naman ang ilan sa kanila; anuman ang tungkuling ginagawa nila, lagi silang handang matuto ng nauugnay na propesyonal na kaalaman, gusto nila palagi na iangat sila ng sambahayan ng Diyos, at kinasasabikan nila ang araw kung kailan sila mamumukod-tangi nang sa gayon ay magkaroon sila ng katayuan at ng iba’t ibang pakinabang na gusto nila. Sa panlabas, mukhang tahimik, di-kapansin-pansin, at masipag at metikuloso ang ganitong uri ng mga tao kapag kasama nila ang iba, pero puno ng ambisyon at pagnanais ang kanilang puso. Ano ang kasabihan nila? Pinapaboran ng oportunidad ang taong handa. Sa panlabas, hindi mo talaga sila mapapansin at hindi sila nagpapakitang-gilas, hindi sila nakikipagkompetensiya o nakikipag-agawan para sa mga bagay-bagay, pero mayroon silang “dakilang adhikain” sa kanilang puso. Kaya kapag may nakikita silang inaangat at nagiging lider o manggagawa sa iglesia, lalong sumasama ang loob nila at nadidismaya. Kahit sino pa man ang inaangat, nililintang, o binibigyan ng ilang mahahalagang papel, palagi itong nagiging isang dagok para sa kanila. Kahit na kapag binigyan ang isang tao ng mataas na pagpapahalaga, kapag siya ay pinupuri at sinusupportahan ng mga kapatid, nagseselos sila at hindi sila masaya sa kanilang puso, at ang ilan pa nga sa kanila ay patagong lumuluha, madalas na tinatanong sa kanilang sarili, “Kailan ako bibigyan ng mataas na pagpapahalaga at manonomina? Kailan ako makikilala ng ang itaas? Kailan makikita ng isang lider ang mga kalakasan ko, ang mga merito ko, ang mga kaloob at

talento ko? Kailan ako iaangat at lilinangin?” Nababagabag sila at nagiging negatibo, pero ayaw nilang magpatuloy nang ganito, kaya patago nilang pinalalakas ang kanilang loob para huwag silang maging negatibo, para magkaroon sila ng matibay na determinasyon na magpunyagi, para hindi sila maapektuhan ng mga pagkabigo at hindi kailanman sumuko. Madalas nilang pinapaalalahanan ang kanilang sarili: “Isa akong taong may dakilang adhikain. Hindi ako dapat pumayag na maging isang ordinaryo, karaniwang tao, hindi ako dapat makontento na lang sa isang buhay na abala at pangkaraniwan. Dapat maging katangi-tangi ang pananalig ko sa diyos at magbunga ito ng magagandang resulta. Kung patuloy akong mamumuhay sa ganitong uri ng tahimik at pangkaraniwang buhay, sobrang karuwagan at nakakasakal iyon! Hindi ako puwedeng maging ganoong uri ng tao. Dodoblehin ko ang aking pagsisikap, susulitin ko nang husto ang bawat pagkakataon, babasahin at bibigkasin ko pang lalo ang mga salita ng diyos, matututo ng kaalaman at pag-aaralan ko pang lalo ang propesyong ito. Dapat magawa ko ang anumang kayang gawin ng ibang tao, at dapat maibahagi ko ang tungkol sa mga bagay na kayang ibahagi ng ibang tao.” Pagkatapos magtrabaho nang husto nang ilang panahon, nagkaroon ng eleksiyon sa iglesia, pero hindi pa rin siya nahahalal. Sa tuwing naghahanap ang iglesia ng isang taong lilinangin, iaangat, at bibigyan ng mahalagang papel, hindi sila napipili; sa tuwing iniisip nilang may pag-asa sila na maangat, nabibigo sila sa huli, at bawat kabiguan ay nagiging dahilan para masiraan sila ng loob at maging negatibo. Naniniwala silang napakalabong pagpalain sila sa kanilang pananalig sa Diyos, kaya naman naiisip nilang umatras. Pero ayaw nilang umatras, sa halip gusto nilang magpunyagi nang husto at magsumikap muli. Habang lalo silang nagpupunyagi nang husto at nagsusumikap sa ganitong paraan, lalo naman nilang inaasam-asam na mairekomenda sila ng isang tao, at maangat. Lalo pa nila itong inaasam-asam, at sa bandang huli kabiguan pa rin ang napapala nila, at ganito sila pinahihirapan ng kanilang banidad at ng pagnanais nilang magtamo ng mga pagpapala. Pakiramdam nila ay parang sinusunog sila at pinaparaan sila sa apoy sa bawat kabiguan. Hindi nila makuha ang gusto nila; gusto nilang umatras pero pakiramdam nila ay hindi nila kaya; hindi nila maarok kung ano ang gusto nilang maarok, at pawang kabiguan, panlulumo, at walang-katapusang paghihintay ang napapala nila. Gusto nilang umatras pero natatakot silang mawalan ng mga dakilang pagpapala, at habang lalo silang nagiging desperadong makakuha ng mga pagpapala, lalo namang hindi sila nakakakuha ng mga ito. Ang resulta nito ay na nahuhulog sila sa isang kalagayan kung saan palagi silang naiipit sa pagitan ng pag-asa nilang magtamo ng mga pagpapala at ng pahirap na dala ng kabiguan, at labis na nasasaktan ang kanilang puso dahil dito. Pero mananalangin ba sila sa Diyos tungkol sa bagay na ito? Hindi. Iniisip nila: “Ano ba ang silbi ng pananalangin? Hindi ako pinupuri ng mga kapatid at hindi mataas ang tingin sa akin ng mga lider, kaya maaari ba akong pagbigyan ng diyos at bigyan ako ng mahalagang papel?” Alam nilang magdadala ng kabiguan sa kanila kung aasa sila sa ibang tao at wala ring kasiguruhan kung ilalagay nila sa Diyos ang pag-asa nila na pagpalain. Dahil nakita nilang sinasabi ng mga salita

ng Diyos na, “Hindi maaaring magtamo ng kaligtasan ang mga hindi naghahangad sa katotohanan,” kaya nalulungkot sila at nadidismaya. Walang pumapansin sa kanila sa loob ng iglesia, at wala na silang makitang pag-asa. Kapag tinitingnan nila ang kanilang mga mukha, wala pa rin silang makitang anumang pag-asa na magtatamo sila ng mga pagpapala, at naiisip nila, “Dapat na ba akong umatras o manatili? Wala na ba talaga akong pag-asa na pagpalain?” Lumilipas ang mga taon na nag-aalinlangan sila at nagninilay-nilay sa mga bagay na ito nang paulit-ulit, at hindi pa rin sila naaangat o nalalagay sa isang mahalagang posisyon. Gusto nilang makipag-agawan para sa katayuan pero pakiramdam nila ay hindi iyon lubhang makatwiran o nararapat na gawin, nahihiya silang gawin ito, pero kung hindi naman sila makikipag-agawan para sa katayuan, kailan pa kaya sila maaangat at mabibigyan ng mahalagang papel? Naiisip nila ang mga taong nananampalataya sa Diyos na kasa-kasama nila, na dumadalo sa mga pagtitipon at kasama nilang gumaganap ng mga tungkulin. Napakarami sa kanila ang inangat at binigyan ng mahahalagang papel, samantalang sila mismo ay hindi makakuha ng mahalagang papel kahit gaano pa nila ito pagsikapan, at naguguluhan sila at wala silang landas pasulong. Hindi sila kailanman nakikipagbahaginan o nagbubukas ng kanilang sarili sa sinuman tungkol sa kanilang mga ideya, kanilang mga kalagayan, kanilang mga isipan at pananaw, at kanilang mga paglihis at kakulangan—saradong-sarado ang kanilang puso sa iba. Mukhang matino naman silang kausap, at tila kumikilos naman sila sa medyo makatwirang paraan, pero napakatindi ng panloob nilang mga ambisyon at mga pagnanais. Nagsisikap sila nang husto at nagpupunyagi, nagtitiis ng hirap at nagbabayad ng halaga para makamit ang kanilang mga ambisyon at mga pagnanais, at kaya nilang gugulin ang lahat ng bagay alang-alang sa pag-asa nilang pagpapalain sila. Pero, kapag hindi nila makita ang resultang gusto nilang makamit, napupuno sila ng pagkamapanlaban at galit sa Diyos, sa sambahayan ng Diyos, at maging sa lahat ng nasa iglesia. Kinamumuhian nila ang lahat dahil hindi nakikita ng mga ito kung gaano sila nagsisikap, hindi nakikita ng mga ito ang kanilang mga kalakasan at mabubuting katangian, at kinamumuhian din nila ang Diyos dahil sa hindi Niya pagbibigay sa kanila ng mga oportunidad, dahil sa hindi pag-aangat sa kanila o pagbibigay sa kanila ng mahalagang papel. Dahil sa matinding selos at pagkamuhi sa kanilang puso, magagawa ba nilang mahalin ang kanilang mga kapatid? Magagawa ba nilang purihin ang Diyos? Mabibitiwan ba nila ang kanilang mga ambisyon at mga pagnanais para tanggapin ang katotohanan, gampanan nang maayos at praktikal ang kanilang tungkulin, at maging isang ordinaryong tao? Magagawa ba nila ang ganitong uri ng resolusyon? (Hindi.) Hindi lang sa wala silang ganitong determinasyon, wala nga rin silang pagnanais na makapagsisi. Pagkaraang ikubli ang kanilang sarili sa ganitong paraan sa loob ng napakaraming taon, lalo pang lumalakas nang lumalakas ang pagkamuhi nila sa sambahayan ng Diyos, sa mga kapatid, at maging sa Diyos. Gaano katindi ang kanilang nagiging pagkamuhi? Umaasa sila na sana ay hindi nagagawa ng kanilang mga kapatid ang mga tungkulin ng mga ito nang maayos, umaasa sila na

matitigil ang gawain ng sambahayan ng Diyos at sana mauwi sa wala ang plano ng pamamahala ng Diyos, at umaasa pa nga sila na sana mahuli ng malaking pulang dragon ang kanilang mga kapatid. Kinamumuhian nila ang kanilang mga kapatid at kinamumuhian din nila ang Diyos. Inirereklamo nila na hindi matuwid ang Diyos, isinusumpa nila ang mundo dahil sa kawalan nito ng tagapagligtas, at lubusang nalalantad ang malademonyo nilang pagmumukha. Kadalasan ay tagong-tago ang ganitong uri ng tao, at napakahusay niyang magkunwari sa panlabas, nagpapanggap na mapagpakumbaba, mahinahon, at mapagmahal, samantalang ang totoo niyan, isa siyang lobong nakadamit ng tupa. Hindi niya kailanman ibinubunyag ang lihim niyang mapaminsalang intensyon, walang nakakakilatis sa kanya, at walang nakakaalam kung ano talaga siya o kung ano ang kanyang iniisip. Nakikita ng mga nakakahalubilo niya nang ilang panahon na napakaseloso niyang tao, na palagi siyang nakikipagkompetensiya sa iba at palagi niyang gusto na siya ang bida, na sabik na sabik siyang maungusan ang iba, at na talagang gusto niyang makuha ang unang puwesto sa lahat ng bagay na ginagawa niya. Ganito ang hitsura niya kung titingnan sa panlabas, pero ganito ba talaga siya? Ang totoo, mas malakas pa nga ang pagnanais niyang magtamo ng mga pagpapala; umaasa siya na, habang tahimik na nagtatrabaho nang mabuti, iginugugol ang kanyang sarili, at nagbabayad ng halaga, makikita ng iba ang mabubuti niyang katangian at ang mga kapabilidad niya sa pagtatrabaho, nang sa gayon ay mabigyan siya ng mahalagang papel sa sambahayan ng Diyos. At ano ang resulta ng pagbibigay sa kanya ng mahalagang papel? Ito ay na mabibigyan siya ng mataas na pagpapahalaga ng lahat at matutupad na niya sa wakas ang engrande niyang adhikain; maaari siyang maging katangi-tanging tao kaysa sa iba, isang taong pinapahalagahan at tinitingala ng lahat, at ang matagal na panahon ng kanyang pagtitiyaga, pagbabayad ng halaga at pagsisikap, ay magiging sulit—ito ang mga kinikimkim na mga ambisyon at mga pagnanais ng mga taong ito sa kaibuturan ng kanilang puso.

Hindi hinahangad ng ganitong uri ng mga tao ang katotohanan, pero gusto pa rin nilang laging maiangat at mabigyan ng mahalagang papel sa sambahayan ng Diyos. Sa puso nila, naniniwala silang habang mas may kapabilidad ang isang tao sa gawain, lalo naman siyang makakatanggap ng mahahalagang posisyon, habang lalo siyang iniaangat at iginagalang sa sambahayan ng Diyos, lalong lumalaki ang tsansa niyang makatanggap ng mga pagpapala, isang korona, at mga gantimpala. Naniniwala sila na kapag walang kapabilidad sa gawain ang isang tao, o wala siyang partikular na kadalubhasaan, hindi siya kalipikadong pagpalain. Iniisip nilang maaaring magsilbing kapital para makatanggap ng mga pagpapala at gantimpala ang mga kaloob, kadalubhasaan, abilidad, kasanayan, antas ng edukasyon, kapabilidad sa gawain ng isang tao, at maging ang diumano ay mga kalakasan at merito sa loob ng kanyang pagkatao na pinapahalagahan sa mundo gaya ng determinasyon niyang maungusan ang iba at ang di-natitinag niyang saloobin. Anong uri ng pamantayan ito? Isa ba itong pamantayan na naaayon sa katotohanan? (Hindi.) Hindi ito ayon sa mga pamantayan ng katotohanan. Kung ganoon, hindi ba ito ang lohika ni Satanas? Hindi ba ito ang lohika ng isang buktot na kapanahunan, at ng buktot

na makamundong mga kalakaran? (Ito nga.) Batay sa lohika, mga pamamaraan at pamantayan na ginagamit ng mga taong tulad nito para tasahin ang mga bagay-bagay, kasama na ang saloobin at diskarte nila sa mga bagay na ito, para bang lumalabas na hindi nila kailanman narinig o nabasa ang mga salita ng Diyos, na ganap silang mangmang tungkol sa mga ito. Pero ang totoo, pinapakinggan nila, binabasa, at dinadasal-binabasa nila ang mga salita ng Diyos araw-araw. Kung ganoon, bakit hindi nagbabago kahit kailan ang kanilang perspektiba? Isang bagay ang tiyak—kahit gaano pa nila pakinggan o basahin ang mga salita ng Diyos, hindi sila kailanman makatitiyak sa kanilang puso na ang mga salita ng Diyos nga ang katotohanan, at na ang mga ito ang pamantayan sa pagsukat sa lahat ng bagay; hindi nila mauunawaan o tatanggapin ang katunayang ito mula sa kanilang puso. Kaya, kahit gaano pa kakatwa at kabaluktot ang pananaw nila sa buhay, panghahawakan nila ito habambuhay, at kahit gaano pa katama ang mga salita ng Diyos, tatanggihan at kokondenahin nila ang mga ito. Ito ang malupit na kalikasan ng mga anticristo. Sa oras na mabigo silang makakuha ng mahalagang papel, at hindi natupad ang kanilang mga pagnanais at ambisyon, nabubunyag ang pagkadiyablo nila, nahahayag ang malupit nilang kalikasan, at gusto na nilang itatwa na mayroon ngang Diyos. Ang totoo, bago pa man nila itinatwa na mayroon ngang Diyos, itinatatwa na nila na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan. Ito ay dahil mismo sa itinatatwa ng kanilang kalikasang diwa ang katotohanan, at itinatatwa nila na ang mga salita ng Diyos ang pamantayan kung saan sinusukat ang lahat ng bagay, na nagagawa nilang maging mapanlaban sa Diyos sa ganitong paraan, at iniisip ang pagtatatwa, pagkakanulo, at pagtatakwil sa Diyos, at ang pang-iiwan sa sambahayan ng Diyos kapag hindi pa rin sila nailalagay sa isang mahalagang posisyon matapos ang lahat ng pagkakalkula, pagpaplano, at pagpapakahirap na iyon na ginawa nila. Kahit na mukhang hindi sila nakikipag-agawan sa ibang tao para sa kapangyarihan at pakinabang, o nagsasarili ng landas, o hayagang nagtatayo ng kanilang nagsasariling kaharian o namamahala ng sarili nilang katayuan, makikita natin mula sa kalikasang diwa nila na lubos silang mga anticristo. Iniisip nilang tama ang anumang paghahangad nila, at kahit ano pa ang sabihin ng mga salita ng Diyos, para sa kanila hindi na dapat banggitin o pakinggan pa ang mga salitang ito, at siguradong hindi nararapat gamitin ang mga ito. Anong uri ng mga nilalang ang mga taong ganito? Walang kahit anong epekto sa kanila ang mga salita ng Diyos; hindi sila naaapektuhan ng mga ito, ni hindi naaantig ng mga ito ang kanilang puso o walang dating para sa kanila ang mga ito. Kung ganoon, ano ang pinahahalagahan nila? Ang mga kaloob, talento, abilidad, kaalaman, at estratehiya ng mga tao, maging ang kanilang mga ambisyon at ang kanilang mga engrandeng plano at pinagkakaabalahan. Ito ang mga bagay na pinahahalagahan nila. Ano ba ang lahat ng bagay na ito? Mga bagay ba ito na pinahahalagahan ng Diyos? Hindi. Mga bagay ito na dinadakila at pinahahalagahan ng mga tiwaling tao, at ito rin ang mga bagay na pinahahalagahan at sinasamba ni Satanas. Salungat mismo ito sa daan ng Diyos, sa Kanyang mga salita, at sa mga hinihingi Niya sa mga taong inililigtas Niya. Pero hindi kailanman naisip ng mga taong tulad nito na kay

Satanas ang mga bagay na ito, na buktot at laban ang mga ito sa katotohanan. Sa halip, pinahahalagahan nila ang lahat ng bagay na ito, at pinanghahawakan nila nang matatag at matibay ang mga ito, at higit ang tingin nila sa mga ito kaysa sa anupamang bagay, at ginagamit nila ang mga ito bilang kapalit ng paghahangad at pagtanggap sa katotohanan. Hindi ba't lubhang mapaghimagsik iyon? At sa bandang huli, ano ang tanging kalalabasan ng kanilang matinding paghihimagsik, at ng kawalan nila ng katwiran? Hindi na posibleng maligtas ang mga taong ito, at walang sinuman ang makapagpapabago sa kanila. Nakatadhana na sila para sa ganitong uri ng kalalabasan. Sabihin ninyo sa Akin, hindi ba't mga tao itong lihim lang na pinapalakas ang kanilang sarili at naghihintay ng tamang pagkakataon? Ang prinsipyong sinusunod nila ay na sa kalaunan, ang tunay na ginto ay nakatadhanang kuminang, na dapat matuto silang palihim na palakasin ang kanilang sarili, mag-antabay, at maghintay ng tamang pagkakataon, at sa ngayon ay maghanda, at magplano para sa kanilang kinabukasan, at para sa kanilang mga ninanais at pinapangarap. Batay sa mga prinsipyong sinusunod nila, ang kanilang mga prinsipyo para mabuhay, ang mga layong hinahangad nila, at kung ano ang inaasam-asam nila sa kaibuturan ng kanilang diwa, ganap na mga anticristo nga ang mga taong ito. Sinasabi ng ilang tao, "Pero hindi ba't nagtatayo ang mga anticristo ng kanilang mga nagsasariling kaharian, at nakikipag-agawan para sa katayuan?" Kung magkagayon, may kapabilidad ba ang mga taong tulad nito na magtatag ng nagsasariling kaharian matapos magkamit ng kapangyarihan? May kapabilidad ba silang pahirapan ang mga tao? (Oo.) Kapag sila ay nagkaroon na ng kapangyarihan, magagawa na kaya nilang gawin ang mga bagay-bagay alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo? Magagawa na kaya nilang hangarin ang katotohanan? Magagawa na kaya nilang dalhin ang mga tao sa harapan ng Diyos? (Hindi.) Ano ang mangyayari kung bibigyan ng mahalagang posisyon ang mga taong tulad nito? Inaangat nila ang mga may-kaloob, mahuhusay magsalita, at marurunong, magagawa man ng mga taong iyon o hindi ang gawain; itataas nila sa ranggo ang mga taong katulad nila, habang pinapanatili naman sa ibaba ang lahat ng tamang taong iyon, na may espirituwal na pang-unawa, naghahangad sa katotohanan, at matatapat. Kapag nangyayari ang ganitong uri ng sitwasyon, hindi ba't nalalantad ang anticristong diwa ng mga taong tulad nito? Hindi ba't nagiging halatang-halata naman ito? May ilang tao na hindi talaga naunawaan nang sabihin Ko noong una na anticristo ang lahat ng gustong umatras kapag hindi sila nakakakuha ng mahalagang papel at walang pag-asang pagpalain. Pero nakikita mo na ba ngayon na mga anticristo nga sila? (Oo.)

Kapag natatanggal ang ilang tao mula sa kanilang posisyon bilang lider at naririnig nilang sinasabi ng ang Itaas na hindi na sila lilingin o gagamitin ulit, labis silang nalulungkot, at umiiyak nang mapait, na para bang itiniwalag na sila—anong problema ito? Ang hindi ba paglinang o paggamit ulit sa kanila ay nangangahulugang itiniwalag na sila? Ibig bang sabihin nito ay hindi na sila maaaring magtamo ng kaligtasan? Napakahalaga ba talaga para sa kanila ng kasikatan, pakinabang, at katayuan? Kung mga tao silang naghahangad sa katotohanan, dapat silang magnilay-nilay sa kanilang

sarili kapag nawala ang kanilang kasikatan, pakinabang, at katayuan, at maramdaman ang tunay na pagsisisi; dapat nilang piliin ang landas ng paghahangad sa katotohanan, magbagong-buhay, at huwag masyadong sumama ang kanilang loob o umiyak nang husto. Kung alam nila sa kanilang puso na tinanggal sila ng sambahayan ng Diyos dahil hindi sila gumawa ng tunay na gawain at hindi nila hinangad ang katotohanan, at naririnig nilang sinasabi ng sambahayan ng Diyos na hindi na sila muling iaangat o gagamitin, dapat silang mahiya, na may utang na loob sila sa Diyos, at na binigo nila ang Diyos; dapat alam nila na hindi sila karapat-dapat na gamitin ng Diyos, at sa ganitong paraan maituturing silang may kaunting katwiran. Gayumpaman, nagiging negatibo sila at sumasama ang loob nila kapag naririnig nilang hindi sila lilinangin o gagamitin ulit ng sambahayan ng Diyos, at ipinapakita nitong naghahangad sila ng kasikatan, pakinabang, at katayuan, at na hindi sila taong naghahangad sa katotohanan. Ganito katindi ang pagnanais nilang magtamo ng mga pagpapala, at ganito nila pinahahalagahan nang husto ang katayuan at hindi sila gumagawa ng aktuwal na gawain, kaya dapat lang silang tanggalin, at dapat nilang pagnilayan at maunawaan ang sarili nilang mga tiwaling disposisyon. Dapat alam nilang mali ang landas na kanilang sinusundan, na tinatahak nila ang landas ng isang anticristo sa pamamagitan ng paghahangad sa katayuan, kasikatan, at pakinabang, na hindi lang sa hindi sasang-ayunan ng Diyos ang mga ito, kundi sasalungatin pa ng mga ito ang Kanyang disposisyon, at kung gagawa sila ng iba't ibang uri ng kasamaan, parurusahan din sila ng Diyos. Hindi ba't may ganito rin kayong problema? Hindi ba't hindi kayo magiging masaya kung sasabihin Ko ngayon na wala kayong espirituwal na pang-unawa? (Oo.) Kapag narinig ng ilang tao na sinabi ng isang nakatataas na lider na wala silang espirituwal na pang-unawa, pakiramdam nila ay wala silang kakayahang unawain ang katotohanan, na siguradong ayaw sa kanila ng Diyos, na wala silang pag-asang pagpalain; pero sa kabila ng katunayan na sila ay nalulungkot, normal pa rin nilang nagagawa ang kanilang tungkulin—may kaunting katwiran ang gayong mga tao. Kapag naririnig ng ilang tao na may nagsasabing wala silang espirituwal na pang-unawa, nagiging negatibo sila at ayaw na nilang gawin ang kanilang tungkulin. Iniisip nila, “Sinasabi mong wala akong espirituwal na pang-unawa—hindi ba't ibig sabihin niyon ay wala na akong pag-asang pagpalain? Yamang hindi na ako makakakuha ng anumang pagpapala sa hinaharap, bakit pa ako nananampalataya? Hindi ko tatanggapin na papagserbisuhin ako. Sino ang magpapakapagod para sa iyo kung wala naman silang makukuhang kapalit? Hindi ako ganoon kahanga!” May taglay bang konsensiya at katwiran ang gayong mga tao? Napakaraming biyaya ang tinatamasa nila mula sa Diyos subalit hindi sila marunong na suklian ito, at ayaw pa nga nilang magserbisyo. Katapusan na ng mga taong tulad nito. Ni hindi nga nila kayang magserbisyo hanggang sa huli at wala silang tunay na pananalig sa Diyos; sila ay mga hindi mananampalataya. Kung mayroon silang sinserong puso para sa Diyos at tunay na pananalig sa Diyos, kahit gaano pa sila tayahin, magbibigay-daan lang ito para mas tunay at mas tumpak nilang makikilala ang kanilang sarili—dapat nilang harapin ang bagay na ito nang tama

at huwag hayaang makaapekto ito sa kanilang pagsunod sa Diyos o pagganap ng kanilang tungkulin. Kahit pa hindi sila makakatanggap ng mga pagpapala, dapat handa pa rin silang magserbisyo sa Diyos hanggang sa huli, at maging masaya na gawin iyon, nang walang mga reklamo, at dapat magpasailalim sa pamamatnugot ng Diyos sa lahat ng bagay—kapag nangyari iyon saka lang sila magiging isang taong may konsensiya at katwiran. Nasa mga kamay na ng Diyos kung tatanggap man ng mga pagpapala o magdurusa ng kasawian ang isang tao, may kataas-taasang kapangyarihan ang Diyos sa bagay na ito at Siya ang nagsasaayos nito, at hindi ito isang bagay na mahihiling o mapagtatrabahuhan ng mga tao. Sa halip, nakadepende ito sa kung kaya ba ng taong iyon na sundin ang mga salita ng Diyos, tanggapin ang katotohanan, at gampanan nang maayos ang kanyang tungkulin ayon sa mga hinihingi ng Diyos—susuklian ng Diyos ang bawat tao ayon sa kanyang mga gawa. Kung may kaunting sinseridad gaya nito ang isang tao, at ibinubuhos niya ang buong lakas na makakaya niya sa tungkuling dapat niyang gawin, kung gayon ay sapat na iyon, at makukuha niya ang pagsang-ayon at pagpapala ng Diyos. Sa kabilang dako, kung hindi naman ginagawa ng isang tao ang kanyang tungkulin sa paraang pasok sa pamantayan at gumagawa pa siya ng iba’t ibang uri ng kasamaan, pero sa kabila niyon ay gusto pa rin niyang makatanggap ng mga pagpapala mula sa Diyos, hindi ba’t ang pag-asta nila nang ganito ay lubhang wala sa katwiran? Kung pakiramdam mo ay hindi mo napagbutihan ang trabaho, na gumugol ka ng matinding pagsisikap pero hindi mo pa rin nagawang harapin ang mga bagay-bagay nang may mga prinsipyo, at pakiramdam mo ay may pagkukulang ka sa Diyos, pero pinagpapala ka at pinagpapakitaan ka Niya ng biyaya, hindi ba’t ibig sabihin niyon ay pinagpapakitaan ka ng Diyos ng pabor? Kung nais ng Diyos na pagpalain ka, isang bagay iyon na hindi maaagaw ninuman. Maaaring iniisip mo na hindi mo napagbutihan ang trabaho, pero sa ebalwasyon ng Diyos, sinasabi Niyang sinsero ka at ibinigay mo naman ang lahat ng iyong makakaya, at nais Niyang bigyan ka ng biyaya at pagpalain ka. Walang anumang ginagawa ang Diyos na mali, at dapat mong purihin ang Kanyang pagiging matuwid. Anuman ang ginagawa ng Diyos, laging tama ito, at kahit pa nagkikimkim ka ng mga kuru-kuro tungkol sa ginagawa ng Diyos, naniniwalang hindi naisasaalang-alang ng ginagawa Niya ang damdamin ng mga tao, na hindi ito ayon sa gusto mo, magkagayon man, dapat mo pa ring purihin ang Diyos. Bakit dapat mong gawin ito? Hindi ninyo alam ang dahilan kung bakit, tama ba? Ang totoo, napakadali lang ipaliwanag nito: Ito ay dahil ang Diyos ay Diyos at ikaw ay tao; Siya ang Lumikha, at ikaw naman ay isang nilikha. Hindi ka kalipikadong hilinging kumilos ang Diyos sa isang partikular na paraan o na tratuhin ka Niya sa isang partikular na paraan, ngunit kalipikado ang Diyos na hilingin ang anuman sa iyo. Ang mga pagpapala, biyaya, mga gantimpala, at mga korona—kung paano ipinagkakaloob ang mga bagay na ito at kung kanino ipagkakaloob ang mga ito, ang Diyos ang bahalang magpasya niyon. Bakit ang Diyos ang bahalang magpasya nito? Pagmamay-ari ng Diyos ang lahat ng bagay na ito; hindi pinagsamang pag-aari ang mga ito sa pagitan ng tao at ng Diyos na maaaring pantay

na hatiin sa pagitan nila. Sa Diyos ang mga ito, at ipinagkakaloob ng Diyos ang mga ito sa mga pinangakuan Niyang pagkakalooban ng mga ito. Kung hindi ipinangako ng Diyos na ipagkaloob ang mga ito sa iyo, dapat ka pa ring magpasakop sa Kanya. Kung titigil ka sa pananampalataya mo sa Diyos dahil dito, anong mga problema ang malulutas niyon? Hindi kana ba magiging isang nilikha? Matatakas mo ba ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos? Hawak pa rin ng Diyos ang kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay, at isa itong hindi mababagong katotohanan. Ang pagkakakilanlan, katayuan, at diwa ng Diyos ay hindi kailanman maaaring itumbas sa pagkakakilanlan, katayuan, at diwa ng tao, ni hindi rin kailanman sasailalim sa anumang pagbabago ang mga bagay na ito—ang Diyos ay magpakailanman na Diyos, at ang tao ay tao magpakailanman. Kung kaya itong unawain ng isang tao, ano, kung gayon, ang dapat niyang gawin? Dapat siyang magpasakop sa kataas-taasang kapangyarihan at sa mga pagsasaayos ng Diyos—ito ang pinakamakawatirang paraan sa pagharap sa mga bagay-bagay, at bukod dito, wala nang iba pang landas na maaaring piliin. Kung hindi ka magpapasakop, kung gayon, mapaghimagsik ka, at kung masuwayin ka at nakikipagtalos, napakamapaghimagsik mo, at dapat kang wasakin. Ang magawang makapagpasakop sa kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos ay nagpapakitang may katwiran ka; ito ang saloobing dapat mayroon ang mga tao, at tanging ito ang saloobin na dapat mayroon ang mga nilikha. Halimbawa, sabihin na nating mayroon kang isang maliit na pusa o aso—kalipikado ba ang pusa o asong iyon na igiit sa iyo na ibili mo ito ng iba’t ibang klase ng malalasang pagkain o magagandang laruan? May anumang pusa o aso ba na lubhang wala sa katwiran para humingi sa kanilang mga amo ng kung ano ang gusto nila? (Wala.) At may anumang aso ba na pipiliing hindi makasama ang amo nito matapos makitang mas maganda ang buhay ng aso na nasa kabilang bahay kaysa sa kanya? (Wala.) Ang natural nilang gagawin ay ang isiping, “Binibigyan ako ng pagkain at ng matutuluyan ng aking amo, kaya dapat bantayan ko ang bahay para sa aking amo. Kahit pa nga hindi ako bigyan ng amo ko ng pagkain o bigyan ng pagkaing hindi naman masarap, dapat bantayan ko pa rin ang kanyang tahanan.” Walang ibang labis na ambisyon ang aso maliban sa nararapat nitong gawin. Mabuti man ang amo nito sa kanya o hindi, masayang-masaya na ang aso sa tuwing umuuwi ng bahay ang kanyang amo, palaging ikinakawag ang buntot nito, at talagang masayang-masaya. Naiibigan man siya o hindi ng kanyang amo, ibinibili man siya ng kanyang amo ng malalasang bagay na makakain o hindi, laging ganoon pa rin ang pakikitungo nito sa kanyang amo, at binabantayan pa rin niya ang tahanan nito. Kung pagbabatayan natin ito, hindi ba’t mas masahol ang mga tao kaysa sa mga aso? (Oo.) Palaging hingi nang hingi ang mga tao sa Diyos, at palaging naghihimagsik laban sa Kanya. Ano ang ugat ng problemang ito? Ito ay dahil may mga tiwaling disposisyon ang mga tao, hindi nila kayang manatili sa lugar ng mga nilikha, kaya naman nawawala ang likas nilang gawi at nagiging mga Satanas; ang likas nilang gawi ay nagiging isang satanikong likas na gawi para labanan ang Diyos, para itakwil ang katotohanan, para gumawa ng masama, at para hindi

magpasakop sa Diyos. Paano ba muling maibabalik ang likas nilang gawi bilang mga tao? Dapat silang magkaroon ng konsensiya at katwiran, para magawa ang mga bagay na nararapat gawin ng isang tao, para magawa ang tungkuling nararapat nilang gawin. Parang kung paanong binabantayan ng isang aso ang isang tahanan, at kung paanong nanghuhuli ng mga daga ang isang pusa—paano man sila tratuhin ng kanilang amo, ginagamit nila ang buong lakas na mayroon sila para gawin ang mga bagay na ito, ibinubuhos nila ang sarili nila sa mga gampaning ito, at nananatili sila sa kanilang lugar at ginagamit nang husto ang likas nilang gawi, kaya naman naiibigan sila ng kanilang amo. Kung magagawa ito ng mga tao, hindi na kakailanganin pang sabihin ng Diyos ang lahat ng salitang ito o bigkasin ang lahat ng katotohanang ito. Sobrang tiwali ang mga tao, wala silang katwiran at konsensiya, at mababa ang kanilang integridad; ang kanilang mga tiwaling disposisyon ay palaging nagdudulot ng problema, nagbubunyag sa kanila, iniimpluwensiyahan ang kanilang mga pagpapasya at pag-iisip, nagiging dahilan para maghimagsik sila laban sa Diyos at hindi makapagpasakop sa Kanya, at nagiging dahilan ito para lagi silang magkaroon ng mga sarili nilang makasariling kagustuhan, ideya, at preperensiya, at para hindi kailanman manaig sa kanila ang katotohanan, at hindi ito maging buhay nila. Ang lahat ng ito ang dahilan kung bakit dapat silang hatulan ng Diyos, subukin sila at pinuhin sila sa pamamagitan ng Kanyang mga salita—ito ay para maligtas sila. Sa kabilang banda, laging mga negatibong papel ang ginagampanan ng mga anticristo sa mga tao. Ganap na mga demonyo at Satanas talaga sila; hindi lang sa hindi nila tinatanggap ang katotohanan, hindi rin nila kinikilala na mayroon silang mga tiwaling disposisyon, at sapilitan rin silang nangsasamsam, sa kagustuhang magtamo ng mga pagpapala, ng korona, at mga gantimpala mula sa Diyos. Gaano kalayo ang nararating nila sa kanilang pagpupunyagi? Hanggang sa puntong wala na talaga silang kahihiyan at lubos na wala sa katwiran. Kung, matapos gumawa ng iba’t ibang uri ng masasamang bagay, naibunyag at naitiwalag sila, magtatanim sila ng sama ng loob sa puso nila. Susumpain nila ang Diyos, susumpain ang mga lider at manggagawa, at kamumuhian nila ang iglesia at ang lahat ng tunay na mananampalataya. Inilalantad nito nang husto ang pangit na hitsura ng lahat ng masasamang tao at mga anticristo.

Ang ikalabindalawang aytem ng iba’t ibang pagpapamalas ng mga anticristo ay: gusto nilang umatras kapag wala silang katayuan o pag-asang magkamit ng mga pagpapala. Gagawin nating simple ang ating usapan tungkol sa kung ano ang ibig sabihin ng pag-atras. Ang literal na kahulugan ng pag-atras ay ang pag-atras mula sa isang puwesto papunta sa ibang puwesto—tinatawag itong “pag-atras.” Palaging may mga taong hindi nagmamahal sa katotohanan sa loob ng sambahayan ng Diyos na kusang iniwan ang iglesia at ang mga kapatid dahil tutol sila sa pagdalo sa mga pagtitipon at sa pakikinig sa mga sermon, at ayaw nilang gumawa ng kanilang tungkulin—tinatawag itong pag-atras. Pag-atras ito sa literal na pakahulugan ng salita. Gayumpaman, kapag ang isang tao ay talagang natukoy na sa paningin ng Diyos na umatras na, ito ay hindi lang talaga usapin ng paglisan niya sa sambahayan ng Diyos, ng hindi na pagkakita sa kanya, o ng kanyang

pagkatanggal mula sa mga talaan ng iglesia. Ang totoo ay na kapag hindi kailanman nagbabasa ng mga salita ng Diyos ang isang tao, gaano man kalaki ang kanyang pananalig, at kinikilala man niya o hindi na mananampalataya siya sa Diyos, pinatutunayan nito na hindi niya kinikilala sa puso niya na umiiral ang Diyos, ni na katotohanan ang Kanyang mga salita. Para sa Diyos, ang taong iyon ay umatras na at hindi na mabibilang na miyembro ng Kanyang sambahayan. Ang mga hindi nagbabasa ng mga salita ng Diyos ay isang uri ng mga tao na umatras na. Ang isa pang uri ay ang mga taong hindi kailanman nakikibahagi sa buhay iglesia, at hindi kailanman lumalahok sa mga aktibidad na may kinalaman sa buhay iglesia, gaya ng kapag umaawit ng mga himno ang mga kapatid, nagdarasal-nagbabasa ng mga salita ng Diyos, at nagbabahagi tungkol sa kanilang personal na pagkaunawang batay sa karanasan nang sama-sama. Tingin ng Diyos ay umatras na ang mga taong ito. May isa pang uri: ang mga tumatangging gumawa ng mga tungkulin. Anuman ang hilingin sa kanila ng sambahayan ng Diyos, anumang uri ng gawain ang gusto nitong ipagawa sa kanila, alinmang tungkulin ang ipagawa nito sa kanila, sa kapwa malalaki at maliliit na bagay, maging sa isang bagay na napakasimple gaya ng pagpapasa nila ng paminsan-minsang mensahe—ayaw nilang gawin ito. Sila, na nagsasabing mga mananampalataya umano sila ng Diyos, ay hindi man lang nakagagawa ng mga gampaning maaaring hilingin na tumulong ang isang walang pananampalataya. Ito ay pagtangg na tanggapin ang katotohanan at pagtangg na gawin ang isang tungkulin. Gaano man sila hinihimok ng mga kapatid, tinatanggihan nila at hindi tinatanggap ito; kapag nagsasaayos ang iglesia ng ilang tungkulin na gagawin nila, binabalewala nila ito at nagbibigay sila ng napakaraming dahilan para tanggihan ito. Ang mga ito ay mga taong tumatangging gumawa ng mga tungkulin. Para sa Diyos, ang gayong mga tao ay umatras na. Ang pag-atras nila ay hindi usapin ng pagpapaalis sa kanila ng sambahayan ng Diyos o pagtangg sa kanila mula sa mga talaan nito; sa halip, ito ay sa kawalan nila ng totoong pananalig—hindi nila kinikilala ang sarili nila bilang mga mananampalataya ng Diyos. Ang sinumang naaakma sa isa sa tatlong kategoryang ito ay isang taong umatras na. Isa ba itong tumpak na depinisyon? (Oo.) Kung hindi ka nagbabasa ng mga salita ng Diyos, maibibilang ka bang isang mananampalataya sa Diyos? Kung hindi mo ipinapamuhay ang buhay iglesia, kung hindi ka nakikisalamuha o nakikihalubilo sa iyong mga kapatid, maibibilang ka bang isang mananampalataya? Lalong hindi. Bukod dito, kung tumatanggi kang gampanan ang iyong tungkulin, at ni hindi mo tinutupad ang mga obligasyon mo bilang isang nilikha, mas malala pa iyon. Ang tatlong uri ng mga taong ito ay ang mga nakikita ng Diyos na umatras na. Hindi ito dahil sa pinatalsik o pinaalis sila sa sambahayan ng Diyos; sa halip, kusang-loob silang umatras, at kusang-loob na sumuko. Lubos na ibinubunyag ng kanilang ugali na hindi nila minamahal o tinatanggap ang katotohanan, at sila ay mga klasikong halimbawa ng mga taong ang habol lang ay ang makinabang hangga't nais at ang maghangad ng mga pagpapala.

Oktubre 17, 2020

Ikalabintatlong Aytem: Kinokontrol Nila ang mga Pananalapi ng Iglesia at Kinokontrol din Nila ang Puso ng mga Tao

I. Kinokontrol ng mga Anticristo ang Puso ng mga Tao

Ngayon, magbahaginan tayo tungkol sa ikalabintatlong aytem ng iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo—kinokontrol nila ang mga pananalapi ng iglesia at kinokontrol din nila ang puso ng mga tao. Kung titingnan ang maraming iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo, may kinalaman ang bawat isa sa mga aytem na ito sa kanilang disposisyon at diwa, na tutol sa katotohanan, malupit, at buktot. Ganoon din ang ikalabintatlong aytem. “Kinokontrol nila ang mga pananalapi ng iglesia at kinokontrol din nila ang puso ng mga tao”—batay sa pagpapamalas na ito, makikita mo na hindi lamang ambisyoso ang mga anticristo kundi sakim din; nagkikimkim sila ng maraming pangangailangan sa loob ng kanilang puso. Lehitimo ba ang mga pangangailangang ito? (Hindi.) Ang pagkontrol ba sa puso ng mga tao ay isang bagay na positibo? Kitangkita naman ng isang tao mula sa salitang “kontrol” na hindi ito isang bagay na positibo. Sa anong aspekto ito hindi positibo? Bakit mali na gumamit ng kontrol? Nais ba ninyong kontrolin ang puso ng mga tao? (Hindi.) Bagama't hindi ninyo nais gawin iyon, darating ang mga pagkakataon kung kailan wala kayong magagawa kundi kumilos sa ganoong paraan. Tinatawag itong “disposisyon”; tinatawag itong “diwa.” Hindi isang lehitimong pangangailangan ang pagkontrol ng mga anticristo sa puso ng mga tao, ni hindi ito patas at makatwiran; isa itong bagay na negatibo. Ano ba ang ibig sabihin ng “kontrolin ang puso ng mga tao”? Hindi abstrakto ang pagkontrol sa puso ng mga tao; sa halip, isa itong bagay na medyo kongkreto at partikular, na may mga partikular na pamamaraan, pag-uugali at wika, pati mga partikular na kaisipan, perspektiba, intensyon, at motibo. At dahil ganito, ano ang mga kongkretong pagpapamalas ng pagkontrol ng mga anticristo sa puso ng mga tao, at paano partikular na binibigyang-kahulugan ang kontrol na ito? (Sa pamamagitan ng pagpapakita ng panlabas na pagdurusa at pagbabayad ng halaga para makuha ang pagsang-ayon at paggalang ng iba, at para makamit ang layong mailigaw ang iba.) Gumagamit ang mga anticristo ng mga partikular na uri ng pag-uugali at pagpapamalas para makuha ang pabor ng mga tao, nang sa gayon ay magkamit sila ng puwang sa puso ng mga tao, at para igalang sila ng mga tao. Kapag nakuha ng mga anticristo ang paggalang ng iba, ang kalikasan ng kinakalabasan nito ay isang uri ng panlilihing sa mga tao. Pero sa kanilang puso, hindi naman talaga kagustuhan ng mga anticristo na gamitin ang mga pamamaraang ito para iligaw ang iba; ang gusto nila ay ang igalang sila—iyon ang pakay nila. May iba pa ba? (Gumagamit ang mga anticristo ng mga munting pabor para mailigaw ang mga tao at siluin sila, at ipinagyayabang nila ang kanilang sariling mga kapabilidad at kaloob para igalang at hangaan sila ng iba at sundin ng iba ang kanilang mga utos, at matupad ang kanilang layon na kunin ang loob

at makontrol ang mga tao.) Isang aspekto ito. (Nagkukunwari ang mga anticristo na espirituwal sila. Kapag pinupungusan sila, bigo silang maunawaan ito, pero nagkukunwari silang naunawaan nila ito at na kaya nila itong sundin, nang sa gayon ay maramdaman ng iba na masugid nilang hinahangad ang katotohanan at na marami-rami na ang kanilang espirituwal na pang-unawa. Nagbabalatkayo sila bilang mga tao na naghahangad at nakauunawa sa katotohanan, para makamit ang kinalabasan na igalang at tingalain sila ng ibang tao.) Isa pang aspekto ito. Gusto lagi ng mga anticristo na makita ng iba kung gaano sila ka-espirituwal, at na nagagawa nilang hangarin ang katotohanan at magpasakop sa katotohanan. Ang totoo, wala silang taglay na kahit kaunting pagkaunawa, pero nagpapanggap pa rin silang espirituwal na tao, para igalang at tingalain sila ng iba. Gumagamit sila ng mga gayong pamamaraan para kontrolin ang puso ng mga tao. May iba pa ba? (Nagsasalita ang mga anticristo tungkol sa mga salita at doktrina para magpakitang-gilas at itatag ang kanilang sarili, nang sa gayon ay isipin ng iba na nauunawaan nila ang katotohanan at na may taglay silang tayog, para igalang sila, sambahin sila, at pakinggan sila ng iba. Nakokontrol nila ang mga tao sa pamamagitan ng mga pamamaraang ito.) Isa itong kongkretong pagpapamalas, pero ang sabihing “nagsasalita sila tungkol sa mga salita at doktrina” ay hindi ganap na akma. Walang kamalay-malay ang mga anticristo na nagsasalita sila tungkol sa mga salita at doktrina; naniniwala silang ang mga bagay na sinasabi nila ay ang realidad, mga matatayog na teorya at sermon, at ginagamit nila ang mga bagay na ito para iligaw ang mga tao. Kung alam ng mga anticristo na mga salita at doktrina ang mga iyon, titigil na sila sa pagsasalita tungkol sa mga iyon. May iba pa ba? (Walang pakundangang nilalabanan ng mga anticristo ang mga prinsipyo, ginagamit ang kapangyarihang mayroon sila at ang mga huwad na espirituwal na teorya para makuha ang tiwala ng lahat sa mapanlinlang na paraan, at sa gayong paraan ay matupad nila ang kanilang layon na makontrol ang mga tao.) (Pinuputol ng mga anticristo ang koneksyon ng mga hinirang ng Diyos sa ang Itaas. Hindi nila isinasagawa ang mga pagsasaayos ng gawain, may lubos silang kapangyarihan sa loob ng kanilang nasasakupan, at sinusubukan nilang magtayo ng sarili nilang mga kaharian at kontrolin ang mga tao.) Isa rin itong kongkretong pagpapamalas. Sa mas tumpak na pagpapaliwanag, nilililang nila ang ang Itaas, ikinukubli ang mga bagay-bagay sa mga nasa ibaba nila, at sinusubukang makuha ang pabor ng mga tao, hindi nila hinahayaang makita ng iba ang totoong sitwasyon, at kinukuha nila ang tiwala ng mga ito gamit ang mapanlinlang na paraan, para matupad ang kanilang layon na makontrol ang puso ng mga tao. Ang pakay nila sa panlililang sa ang Itaas at pagkukubli ng mga bagay-bagay sa mga nasa ilalim nila ay para huwag makita ng ang Itaas at ng mga kapatid ang katotohanan tungkol sa kanila, nang sa gayon ay pagkatiwalaan sila ng ang Itaas at ng mga kapatid, at nang sa huli, sila lang ang sasambahin ng mga kapatid—at kung magkagayon, matutupad na nila ang kanilang layon na kontrolin ang puso ng mga tao. May iba pa ba? (Nagdisisenyo ang mga anticristo ng ilang tila mga tamang regulasyon para sundin ng mga tao, at ginagamit nila ang mga ito para ipalit sa katotohanan, upang

mapaniwala ang mga tao na ang pagsunod sa mga regulasyong ito ay kapareho ng pagsasagawa sa katotohanan. Sa ganitong mga pamamaraan, nakontrol ng mga anticristo ang puso ng mga tao at inaakay ang mga tao sa harap nila.) Dapat itong ilarawan bilang pagdisenyo ng mga anticristo ng ilang mga panuntunan at regulasyon para ipalit sa mga katotohanang prinsipyo, nagkukunwaring sila ay espirituwal at nakauunawa sa katotohanan, upang makinig sa kanila ang mga tao, at sa ganitong paraan, nakakamit nila ang kanilang layong kontrolin ang puso ng mga tao. Kung ang mga panuntunan na kanilang nilikha ay kapaki-pakinabang sa buhay iglesia at sa mga taong gumagawa ng kanilang mga tungkulin, at kung hindi sumasalungat ang mga iyon sa mga katotohanang prinsipyo at hindi nakapipinsala sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, kung gayon ay walang magiging problema rito. Sa pagharap sa iba't ibang uri ng tao sa iglesia, kailangan, maliban sa pakikipagbahaginan sa katotohanan, na magtakda ng ilang panuntunang administratibo para kumilos nang wasto ang mga tao. Kung hindi salungat sa mga katotohanang prinsipyo itong mga panuntunang administratibo, bagkus ay kapaki-pakinabang sa mga tao, kung gayon ay mga positibong bagay ang mga ito, at hindi ito pagkontrol sa puso ng mga tao. Kung itinuturing ang mga panuntunang ito bilang mga katotohanang prinsipyo, mayroong problema. Kung gayon, nagagawa ba ng mga anticristo na makabuo ng mga panuntunang kapaki-pakinabang sa mga tao at umaayon sa mga katotohanang prinsipyo? (Hindi.) Sige, subukan ninyo kung paano ito dapat ibuod. (Bumubuo ang mga anticristo ng ilang tuntunin na hindi naaayon sa mga katotohanang prinsipyo at nagkukunwari silang espirituwal at nakakaunawa sa katotohanan para sundin sila ng mga tao, at makamit ang kanilang layong kontrolin ang puso ng mga tao.) Medyo akma na iyan. Mayroon pa bang iba? (Mahilig maglitanya ang mga anticristo ng mga tila matayog na ideya para ipakita ang kanilang katalinuhan at kabatiran, at para igalang sila ng mga tao. Halimbawa, pagkatapos na mapag-usapan ng lahat ang isang bagay at mapagdesisyunan kung ano ang gagawin ukol dito, magsasalita ang mga anticristo ng ilang teorya para pabulaanan ang suhestiyon ng lahat ng iba, at para makinig ang lahat sa kanila, pero kung tutuusin, hindi rin naman ganoon kahusay ang kanilang pananaw. Pagkatapos, sa paglipas ng panahon, kahit ano pa ang usapin, walang maglalakas-loob na magbahagi tungkol sa katotohanan o hanapin ang mga katotohanang prinsipyo, at mararamdaman nilang kailangan nilang hayaan ang mga anticristo na magpasya, at sa huli, matutupad ng mga anticristo ang kanilang layong kontrolin ang mga tao.) Naglilitanya ang mga anticristo ng tila matatayog na ideya sa bawat pagkakataon, pinapabulaanan ang mga suhestiyon ng iba, nagpapakitang-gilas, at pinapaniwala ang iba na napakatalino nila, at sa pamamagitan niyon ay natutupad ang kanilang layong iligaw at kontrolin ang ibang tao. Marami na tayong napagbahaginan tungkol sa mga pagpapamalas ng pagkontrol at pagliligaw ng mga anticristo sa mga tao noon. Kapag ginagawa ito ng mga anticristo, maraming iba-ibang taktika, pagpapamalas, at pamamaraan ang sangkot. Minsan ay gumagamit sila ng mga kilos, minsan ay gumagamit sila ng pananalita, at sa ibang mga pagkakataon naman ay gumagamit sila ng

isang partikular na uri ng perspektiba para iligaw ang mga tao. Sa madaling salita, may mga layon sa likod ng lahat ng bagay na ito na ginagawa ng mga anticristo; walang kahit isa sa mga kilos na ito ang dalisay at hayag, at wala sa mga ito ang umaayon sa katotohanan. Lahat ng ginagawa nila ay para mailigaw ang mga tao at para igalang at sambahin sila ng mga tao. Anuman ang sabihin at gawin ng mga anticristo sa panlabas ay pakitang-tao lamang—lahat ito ay mabubuting asal at bagay na itinuturing ng mga tao na mabuti—pero ang totoo, kung susuriin ng isang tao ang diwa ng mga bagay na ito, ang mga motibo at pakay sa likod ng mga pamamaraan ng mga anticristo ay pawang karumal-dumal, taliwas sa katotohanan, at kinapopootan ng Diyos.

Batay sa pamamaraan ng pagkontrol nila sa puso ng mga tao, kasuklam-suklam at makasarili ang pagkatao ng mga anticristo, at tutol sa katotohanan, buktot, at malupit ang kanilang disposisyon. Gumagamit ang mga anticristo ng lahat ng uri ng kasuklam-suklam at patagong mga panlalansi para makamit ang kanilang mga pakay, nang walang anumang bahid ng kahihyan—ito ang katangian ng kanilang buktot na kalikasan. Dagdag pa, nang hindi alintana kung gusto ba ng mga tao o hindi, nang hindi ipinapaalam sa kanila o nang hindi hinihingi ang kanilang pahintulot, palagi nilang gustong kontrolin ang mga tao, manipulahin ang mga ito at mangibabaw sa mga ito. Gusto nilang mapasailalim sa kanilang manipulasyon ang lahat ng iniisip at kagustuhan ng mga tao sa kanilang puso, gusto nilang maglaan ang mga tao ng puwang para sa kanila sa puso ng mga ito, na sambahin sila ng mga ito, at tingalain sila sa lahat ng bagay. Gusto nilang limitahan at impluwensiyahan ang mga tao gamit ang kanilang mga salita at pananaw, at manipulahin at kontrolin ang mga ito batay sa kanilang mga sariling kagustuhan. Anong uri ng disposisyon ito? Hindi ba't pagiging malupit ito? Para lang itong isang tigre na sinasakmal ang iyong leeg sa bibig nito—subukan mo mang maghabol ng hininga at magpumiglas, hindi mo magawa ang gusto mo, sa halip, naiipit ka sa mahigpit, nakamamatay na sunggab ng mabangis nitong bibig. Subukan mo mang magpumiglas para makawala, hindi mo magagawa, at kahit makiusap ka pa sa tigre na luwagan ang pagkakasakmal nito, imposible iyon, wala nang magagawa pa. Ganoon na ganoon ang disposisyon ng mga anticristo. Ipagpalagay nang nakipagtalakayan ka sa kanila, na sinabi mong, “Puwede bang tigilan mo na ang pag-iisip ng mga paraan para kontrolin ang mga tao? Hindi mo ba kayang magpakabait at maging isang tagasunod? Hindi mo ba kayang magpakabait at tuparin ang mga tungkulin mo at manatili sa iyong posisyon?” Magagawa ba nilang sumang-ayon dito? Mapipigilan mo kaya sila sa kanilang mga ginagawa, gamit ang iyong mabuting asal o kung ano ang nauunawaan mo sa katotohanan? May makapagpapabago ba sa kanilang pananaw? Kung titingnan ang malupit na disposisyon ng mga anticristo, walang makapagpapabago sa kanilang mga isipan at perspektiba, ni walang makapagpapabago sa kanilang pagnanais na kontrolin ang puso ng mga tao. Walang makapagpapabago sa kanila, at hindi na maaaring makipagnegosasyon sa kanila—tinatawag itong “kalupitan.” Ang ambisyon at pagnanais ng mga anticristo na kontrolin ang mga tao ay isang pagpapamalas ng kanilang diwa.

Kung gumamit ka ng mabuting asal para baguhin sila, uubra kaya iyon? Kung ginamit mo ang praktikal mong karanasang tumanggap ng pagpupungos, paghatol, at pagkastigo para tulungan at suportahan sila—makakaya ba nilang magbago? Ititigil kaya nila ang kanilang ginagawa? (Hindi.) May nakilala na ba kayong ganitong uri ng tao noon? (Oo. Sa ganitong uri ng tao, saanman niya gampanan ang kanyang mga tungkulin, at bagaman maaaring mabigo at madapa siya nang ilang beses, o sumailalim pa nga sa pagdidisiplina ng pagkakasakit, hindi maaaring mabago ang pagnanais niyang maghangad ng katayuan. Saanman siya magpunta, nais niyang magkamit ng katayuan at kapangyarihan.) Kung ang paglipat ng lugar o grupo ay hindi makapagpapabago sa kanila, paano naman kung hintayin na lang kayang tumanda sila—magbabago na kaya sila nang kaunti kung gayon? Babawasan na kaya nila nang kaunti ang kanilang paghahangad ng kapangyarihan at awtoridad, hihina na kaya ito nang kaunti? (Hindi. Wala itong kinalaman sa edad; hindi na mababago ang disposisyon nilang ito.) Isang malupit na disposisyon ang naghahari at kumokontrol sa mga anticristo, kaya hindi nila kayang magbago. Tila ang malupit na disposisyon ng mga anticristo ay isang bagay na natikman at nakita na mismo ng maraming tao. Isang realidad ang pagkontrol ng mga anticristo sa puso ng mga tao at may ebidensyang magpapatunay nito—medyo seryosong usapin ito. Walang kakayahan ang mga ganitong tao na kalimutan o isantabi ang usapin ng pagkontrol sa puso ng mga tao. Gayon ang kalikasang diwa ng mga anticristo. Mula sa isang subhetibong perspektiba, hindi nila ito kayang isantabi; mula naman sa isang obhetibong perspektiba, walang sinumang makapagpapabago sa kanila—mga anticristo talaga sila. Sabihin ninyo sa Akin, matapos mapatalsik at hindi na makasama ang mga kapatid, may mga anticristo ba na nawawalan na ng pagnanais na kontrolin ang puso ng iba? Magbabago ba ang mga anticristo dahil sa mga pagbabago sa kanilang kapaligiran o heograpikong posisyon? (Hindi.) Hindi sila magbabago kasabay ng mga pagbabago ng panahon at lugar—ang kalikasang diwa nila ang nagtatakda nito. Sa pagkontrol sa puso ng mga tao, ang totoo ay sinusubukan ng mga anticristo na magkaroon ng kapangyarihan sa mga tao—ng kapangyarihang magkaroon ng awtoridad na magpasya, gumawa ng mga desisyon, at kontrolin ang mga tao at manipulahin ang puso ng mga tao—ang kapangyarihang ito ang nais nilang makamit. Para makontrol ang puso ng mga tao, gagamit ang mga anticristo ng iba’t ibang gawi at pamamaraan para igalang sila ng mga tao, para lansihin at iligaw ang mga tao, para magbalatkayo sa mga tao, at gumamit pa nga ng mga partikular na gawi at pamamaraan para pagtakpan ang kanilang mga tiwaling disposisyon at karakter, at pigilan ang mga tao na makilatis o makita ang tunay nilang diwa na tutol sa katotohanan at diwa na sa mga anticristo. Sa panlabas, nagkukunwari silang mga taong espirituwal at perpekto, na walang mga kapintasan o depekto, o anumang bahid ng tiwaling disposisyon, at sa ganitong paraan, natutupad nila ang kanilang mga layong igalang, tingalain, hangaan, sambahin, at asahan pa nga sila ng iba. Ang matupad ang mga layong ito ay, sa diwa, isang bunga ng pagkontrol nila sa puso ng mga tao. Sa pagbabahaginan natin tungkol sa lahat ng disposisyon at pagpapamalas ng mga anticristo, ang pagkontrol

ng mga anticristo sa puso ng mga tao at ang pagkukumahog nilang magkamit ng kapangyarihan at pakinabang ang sumakop sa karamihan ng ating talakayan. At dahil marami-rami na tayong napagbahaginan tungkol sa paksang ito, hanggang diyan na lang muna ang ating pagbabahaginan sa ngayon.

II. Kinokontrol ng mga Anticristo ang mga Pananalapi ng Iglesia

Ang pangunahing punto na pagbabahaginan natin ngayon ay tungkol sa pagkakaroon ng mga anticristo ng isa pang nakamamatay na pagpapamalas bukod sa pagtatangka nilang kontrolin ang puso ng mga tao, at bukod sa kanilang ambisyon at pagnanais sa kapangyarihan. Iyon ay, nagpapakita rin sila ng matinding pagnanais sa mga pananalapi ng iglesia, isang pagnanais na matatawag ding kasakiman. Bukod sa pagmamahal nila sa katayuan, may natatangi ring pagmamahal ang mga anticristo sa mga pananalapi. Ang interes at kasiyahan nila sa mga pananalapi ay sagana at absoluto; tinutukoy natin ito bilang pagkontrol ng mga anticristo sa mga pananalapi ng iglesia. Ang pagtatangka ng mga anticristo na kontrolin ang mga pananalapi ng iglesia at ang pagtatangka nilang kontrolin ang puso ng mga tao ay pareho lang—parehong hindi lehitimo at hindi makatwirang pagsisikap. Malinaw na isa itong bagay na hindi marangal. Ang magkaroon ng ambisyon at pagnanais na kontrolin ang puso ng mga tao ay kasuklam-suklam na, labis na hindi na ito marangal, pero gusto pa rin ng mga anticristo na makontrol ang mga pananalapi ng iglesia—lalo namang kamuhi-muhi ang bagay na iyon na nangyayari sa kanila. Kung gayon, kapag hinahangad ng mga anticristo na kontrolin ang mga pananalapi ng iglesia, ano ang mga kongkretong pagpapamalas nito? Mas madali ba itong makikilatis kaysa kapag hinahangad nilang kontrolin ang puso ng mga tao? Kapag hinahangad ng mga anticristo na kontrolin ang puso ng mga tao, kayang kilatisin ng mga tao ang ilan sa mga pamamaraan at disposisyong ginagamit nila. Pero kung lubha silang malihim at mapanlinlang, at kung may ilang pahayag, taktika, o satanikong panlalansi sa likod ng mga ito, na hindi ibinubunyag ng mga anticristo sa panlabas, kundi pribado lamang nilang iniisip, kung gayon, hindi madaling makikilatis ang mga bagay na ito. Gayumpaman, ang pagtatangkang kontrolin ang mga pananalapi ng iglesia ay mayroon dapat ilang kongkretong pagpapamalas at pamamaraan. Nadadalian ba kayong kilatisin ang mga pamamaraang ito? Kapag nakita na ng sarili ninyong mga mata ang mga bagay na ito at narinig na ng sarili ninyong mga tainga ang tungkol sa mga ito, makikilatis ba ninyo na kilos ng mga anticristo ang mga ito? (Kung halatang pag-uugali ang mga ito, kung gayon ay oo. Halimbawa, magtatanung-tanong ang mga anticristo kung sino ang namamahala sa pangangalaga sa mga handog at sa mga katulad nito.) Madali itong makikilatis dahil isang sensitibong bagay ang ukol sa mga pananalapi, at hindi mag-uusisa tungkol dito ang karamihan sa mga tao, maliban kung mga mapag-imbot silang tao na may masamang balak sa mga pananalapi, kung magkagayon, magkakainteres sila at magtatanung-tanong sila tungkol sa ganitong uri ng impormasyon. Kaya magbahaginan tayo tungkol sa kung anong mga kongkretong

pagpapamalas mayroon ang mga anticristo na sinusubukang kontrolin ang mga pananalapi ng iglesia.

Pagdating sa paksa ng pagkontrol ng mga anticristo sa mga pananalapi ng iglesia, iuugnay ito ng karamihan ng mga tao sa mga halimbawang nakita na nila noon patungkol sa panloloko o maling paggamit sa pag-aari ng iglesia, hindi ba? O maaaring may ilang tao na, dahil bata pa o maikling panahon pa lamang na nananampalataya sa Diyos, hindi iniintindi masyado ang tungkol sa mga bagay na ito at hindi man lang iniisip ang tungkol sa mga ito. Kaya magbahaginan tayo nang detalyado tungkol dito, nang sa gayon ay maunawaan ninyo ang ilan sa mga isyu, tuntunin, maging ang mga bawal na bagay na may kinalaman sa mga pananalapi ng iglesia. May ilang nagsasabi na, “Hindi ko kailanman pinag-interesan o inusisa ang mga bagay tungkol sa mga pananalapi ng iglesia. Hindi ako nagkikimkim ng ganoong uri ng kasakiman. Wala itong kinalaman sa akin, at medyo sensitibong paksa ito sa iglesia, kaya ayos lang sa akin kung may nalalaman man ako o wala tungkol dito.” Tama ba ang pananaw na ito? (Hindi.) Bakit hindi? Kahit ano pa ang isipin ninyo, may kaugnayan ang paksang pinagbabahaginan natin ngayon sa disposisyon ng mga anticristo, at mula sa perspektiba ng pagsusuri at paghihimay sa disposisyon ng mga anticristo, makabubuti sa bawat isa sa inyo na maunawaan itong lahat at maunawaan ito nang malinaw. Gagamitin natin ang bagay na ito para himayin ang disposisyon ng mga anticristo, kaya magbahaginan muna tayo tungkol sa kung paano tinatrato ng mga anticristo ang pag-aari ng iglesia, kung ano ba talaga ang ibig sabihin ng pag-aari ng iglesia at kung kanino ba ito sa tingin nila, pati na kung paano itinuturing ng mga anticristo ang pag-aari na ito at kung paano nila ito inilalaan sa kanilang pribadong kaisipan. Una sa lahat, paano itinuturing ng mga anticristo ang pera at ang iba’t ibang bagay na inihahandog ng mga kapatid sa iglesia? Kung titingnan ang kanilang katangian, sakim ang mga anticristo, at matindi ang kanilang kasakiman, kaya hindi sila mawawalan ng interes sa pag-aaring ito. Sa halip, magiging lubhang interesado sila rito, pag-uukulan nila ng masusing atensyon ang pagsusuri at pag-alam kung gaano karaming pag-aari mayroon ang iglesia, kung sino ang nangangasiwa sa pangangalaga nito, kung saan ito nakatago, at kung ilang tao ang nakakaalam ng tungkol dito. Pagdating sa mga pangunahing impormasyon tungkol sa mga pananalapi ng iglesia, magpapakita muna ng matinding interes ang mga anticristo rito, pinaglalaanan ito ng espesyal na atensyon, nag-uusisa, at nagtatanung-tanong, sinusubukan ang lahat ng kanilang makakaya para makuha ang impormasyong ito. Kung wala silang kasakiman at kung wala silang kinikimkim na anumang masamang balak, pag-iinteres ba nila ang mga bagay na ito? (Tiyak na hindi.) Naiiba ang mga anticristo sa mga taong may normal na pagkatao, dahil may lihim silang motibo sa kanilang pagmamalasakit. Ang pagmamalasakit nilang ito ay hindi para pangalagaan ang pag-aaring ito, sa halip, gusto nilang angkinin ito, o magamit ito nang ayon sa kanilang kagustuhan. Samakatwid, ang unang pagpapamalas ng pagkontrol ng mga anticristo sa mga pananalapi ng iglesia ay inuuna nila ang kanilang pag-angkin at paggamit sa pag-aari ng iglesia.

A. Inuuna ang Kanilang Pag-angkin at Paggamit sa Pag-aari ng Iglesia

Kapag may katayuan na ang mga anticristo, lumilitaw ang isang mali at walang kahihyang ideya sa kaibuturan nila: Sa pagiging lider, dapat makuha nila, hindi lamang ang karapatang malaman ang tungkol sa mga pananalapi ng iglesia, kundi pati rin ang lubos na kapangyarihan para kontrolin ang mga ito. Ano ang pakay nila sa pagkakaroon ng kontrol sa mga pananalapi ng iglesia? Ang magkaroon ng kapangyarihang unahin ang kanilang pag-angkin at paggamit sa pag-aari ng iglesia. Ano ba ang ibig sabihin ng inuuna nila ang kanilang pag-angkin at paggamit sa pag-aari ng iglesia? Ibig sabihin nito, hangga't sila ang nangangasiwa sa isang iglesia, ang pera at ang mga aytem na inihahandog ng mga kapatid sa ilalim ng kanilang pangangasiwa ay mapapasailalim sa kanilang pamamahala, paggamit, at pag-aari. Tama ba ang ideyang ito o mali? Maliwanag na mali ito, pero ganoon mag-isip ang mga anticristo. Ang unang ginagawa nila pagkatapos na maging lider ay ang kumilos at bumuo ng mga plano tungkol sa mga pananalapi. Una, inaalam nila kung sino ang namamahala sa mga pananalapi, kung ilang tao ang namamahala sa mga pananalapi, kung gaano karaming pera ang nakatala sa mga aklat, at kung ang mahuhusay na kanang kamay ba nila o mapagkakatiwalaang tauhan nila ang siyang mga namamahala sa mga pananalaping ito. Kung hindi, nagmamadali silang tanggalin ang mga ito sa kung anong kadahilanan at pagkatapos ay papalitan nila ang mga ito ng sarili nilang mga tauhan. Tumitigil ba sila sa pagpapalit sa mga taong namamahala sa mga pananalapi? Hindi, hindi ito ganoon kasimple. Higit pa rito ang kanilang mga ambisyon; sadyang kailangang magkaroon sila ng malinaw na pagkaunawa sa mga numero tungkol sa pag-aari ng iglesia. Bukod pa sa panawagang maghandog ang mga tao, paano pinangangasiwaan ng mga anticristo ang pag-aaring ito? Kumukuha sila ng pera mula sa iglesia kapag kailangan nilang bumili ng masusuot, at ganoon ulit kapag pupunta sila sa doktor, at kung kulang sila sa damit, pumipili sila ng ilan sa magagandang aytem mula sa mga donasyon ng mga kapatid. At hindi pa rin sila tapos pagkaraang makapamilya; kailangan nilang subukan ang bawat damit, kinukuha ang magaganda para sa kanilang sarili, at ang iniwan lang nila para sa iglesia ay ang mga may pinakahindi magandang kalidad na ayaw nila. Sa madaling sabi, gagamitin nila ang pera ng iglesia para bayaran ang sarili nilang mga pagkain at gastusin, ultimo 0.20 RMB na gastos sa pamasahé, at ang ilan pa nga sa kanila ay gagamitin ang pera ng iglesia para bumili ng maluluhong bagay, mga suplemento para sa kalusugan, kosmetiko, at iba't ibang uri ng bagay para sa personal nilang gamit. Pagkaupong-pagkaupo ng mga anticristo bilang lider, at bago pa sila gumawa ng kahit kaunting gawain, napakaagap nila pagdating sa pagtatamasa ng pag-aari ng iglesia, at ginagawa nila itong prayoridad. Pagkatapos na matamasa ng mga anticristo ang pag-aari na ito, sumasailalim ang kanilang buong espirituwal na pananaw at kalidad ng buhay sa malaking pagbabago at ganap itong nagiging iba kaysa dati. Sa anumang pagkakataon, ipapaayos nila ang kanilang buhok, at magpapamasahé ng kanilang katawan, bibigyan

nila ng layaw ang kanilang sarili, gagawin ang mga bagay-bagay para maingatan ang kanilang kalusugan, at igagawa nila ang kanilang sarili ng sabaw na pampalakas—maging ang iba’t ibang kagamitang de-kuryente na ginagamit nila ay tataas ang kalidad. Sa sandaling maging lider sila, tinatandaan ng mga anticristo kung sino ang mayayamang tao sa iglesia at kung sino ang mga may kakayahang maghandog. Mabilis na mawawalan ng pera ang mayayamang taong ito, at iyong mga madalas maghandog ay magiging mga pinakaiingatang miyembro ng iglesia, at mga paboritong alaga sa paningin ng mga anticristo. Kapag pumapasok ang mga anticristo sa iglesia, katulad lang ito ng kapag may nakapasok na soro sa ubasan—masasalanta ang ubusan. Bukod sa kakainin ng soro ang magagandang ubas, sisirain din nito ang buong lugar.

Sa isip ng mga anticristo, ang mga pera at bagay na inihandog ng mga kapatid, na kolektibong tinatawag na “mga handog,” ay pawang “pampublikong” pag-aari ng iglesia. Hindi ito nangangahulugan na ang pampublikong pag-aari na ito ay para sa lahat; kundi tumutukoy ito sa katunayang kolektibo itong handog na mula sa lahat pero ang mga karapatan sa paggamit nito, para sa lahat ng praktikal na layunin, ay napupunta sa mga lider. Mula sa pananaw ng mga anticristo, tungkulin nilang unahin ang kanilang pag-angkin at paggamit sa pag-aari ng iglesia, dahil mga lider sila, sila ang nangunguna, at ang lahat ng bagay sa iglesia, lalo na ang magagandang bagay, ay kailangang mapasakanila, at mapasailalim ng kanilang awtoridad. Naniniwala ang mga anticristo na: “Isang paimbabaw lamang na pahayag ang sabihing ibinibigay sa diyos ang mga pera at bagay na inihahandog ng mga kapatid. Ilan sa mga bagay na ito ang magagamit ng diyos? Makabababa ba ang diyos mula sa langit para ibahagi ang mga handog na ito sa mga tao? Kaya, hindi ba’t ang mga tao ang dapat magdesisyon kung paano dapat gastusin, ilaan, at gamitin ang mga handog na ito?” Gayon ang walang kahihiyang ideyang kinikimkim ng mga anticristo hinggil sa pag-aari ng iglesia. Ano pa ang lalong walang kahihiyang? Sinasabi nila: “Hindi matatamasa ng diyos sa langit ang mga pera at aytem na inihandog ng mga tao sa lupa, kaya paano dapat na ilaan at gamitin ang mga bagay na ito? Hindi ba’t dapat tumulong ang mga lider ng iglesia sa pagkonsumo, paggamit, at pagtatamasa sa mga ito? Magiging katumbas iyon sa paggamit ng diyos na nasa langit sa mga ito.” Kaya naman, gaya ng inaasahan, ginagawa ng mga anticristo na personal nilang pag-aari ang mga handog ng mga kapatid. Malinaw na malinaw sa kanila kung sino ang naghahandog ng kung anong bagay at kung kailan—ang mga bagay na ito ay dapat iulat sa kanila at dapat na alam nila. Hindi sila nababahala tungkol sa iba pang bagay. May isang bagay na lubhang mahalaga sa kanila bukod sa mahigpit na paghawak sa kanilang sariling kapangyarihan—at iyon ay ang pagkontrol sa mga pananalapi ng iglesia. Ito ang dahilan kung bakit sulit para sa kanila ang maging isang lider. Sa paraan ng pagtingin at pangangasiwa ng mga anticristo sa pag-aari ng iglesia, may kahit isang aspekto ba na naaayon sa katotohanan o sa mga hinihingi ng Diyos? (Wala.) Sa simula’t simula pa lang hanggang sa kasalukuyang panahon, sinabi ba ng Diyos kahit minsan kung sinong tao ang dapat umangkin o gumamit ng mga handog na

ibinigay sa Kanya ng mga kapatid? Sinabi ba ng Diyos kahit minsan na dapat magkaroon ng awtoridad ang mga lider at manggagawa ng iglesia, apostol, at propeta na unahin ang kanilang pag-angkin at paggamit sa pag-aari ng iglesia? Sinabi ba ng Diyos na mapapasakamay ng sinumang magiging lider ang paggamit at pagmamay-ari sa pag-aari ng iglesia? (Hindi.) Kung gayon, bakit may ganitong maling pagkakaintindi ang mga anticristo? Dahil wala namang hayagang isinasaad ang mga salita ng Diyos nang may ganitong partikular na kahulugan patungkol sa pag-aari ng iglesia, bakit nagkikimkim ng ganitong pananaw ang mga anticristo ukol dito? (Wala silang may-takot-sa-Diyos na puso.) Ganoon lang ba ito kasimple? Ang sabihin sa kontekstong ito na wala silang may-takot-sa-Diyos na puso ay pawang mga walang kabuluhang salita. Hindi natutumbok ng mga salitang ito ang disposisyon ng mga anticristo. Pinag-iimbutan ba ng mga anticristo ang pag-aari ng iglesia kapag hindi sila ang nakaupong lider? (Oo.) Kung gayon, masasabi mo bang naglalaho ang may-takot-sa-Diyos na puso nila sa oras na maging mga lider na sila? Hindi naman kaya na mayroon silang may-takot-sa-Diyos na puso bago sila naging lider? Masasabi bang ganito nga? (Hindi.) Samakatwid, hindi balido ang paliwanag na ito. Pinag-iimbutan ng mga anticristo ang pag-aari ng iglesia: Bakit ganito? (Mayroon silang buktot na disposisyon.) (Likas silang sakim.) (Likas silang naghahangad ng pakinabang higit sa anupamang bagay.) Disposisyong diwa ba ng mga anticristo na naghahangad sila ng pakinabang higit sa anupamang bagay? (Hindi.) Isa lang itong pagpapamalas ng kanilang karakter. Kaya, himayin natin kung ano ba ang panloob na disposisyon ng mga anticristo. (Ito ay buktot at malupit.) Ito ay, unang-una sa lahat, malupit, at saka buktot. Ano ba ang ibig sabihin ng malupit? Ibig sabihin nito ay sapilitan nilang kukuhain ang mga bagay na hindi naman talaga sa kanila o pagmamay-ari nila, sang-ayon man ang ibang tao o hindi o anuman ang iniisip ng mga ito: Isa itong malupit na disposisyon. Ang likas na kalikasang diwa ng mga anticristo, ng mga diyablo at Satanas na ito, ay ang makipagtunggali sa Diyos sa lahat ng bagay. Sa loob ng iglesia, bukod sa nakikipag-agawan sila sa Diyos para sa mga hinirang Niyang tao, sinusubukan ding agawin ng mga anticristo ang mga handog na ibinigay ng mga tao sa Kanya. Sa panlabas, mukhang nagiging mapag-imbot ang mga anticristo, pero sa realidad, ito ay dahil may disposisyon at diwa sila ng mga anticristo. Ang naisin nilang sunggaban at lamunin ang mga pera at aytem na inihahandog ng mga tao sa Diyos—ito, sa diwa nito, ay kalupitan. Halimbawa, para lang itong bumili ka ng isang bagong padded jacket, na maganda ang estilo at de-kalidad ang pagkakagawa, at pagkatapos, may nakakita nito at sinabing, “Mas maganda ang padded jacket mong ito kaysa sa jacket ko. Ang sira-sirang ito na suot ko ay butas-butas na, at hindi na ito uso. Bakit ang ganda ng sa iyo?” at kapag tapos na siyang magsalita, sapilitan niyang aagawin ang padded jacket mo, at ibibigay ang sira niyang jacket sa iyo. Hindi ka makakatanggi sa kanya—papagdusahin ka niya, bubugbugin ka niya, at baka patayin ka pa nga niya. Mangangahas ka bang labanan siya? Hindi ka mangangahas na labanan siya, at kukuhain niya ang mga gamit mo nang labag sa iyong kalooban. Kaya, ano ang disposisyon ng

taong ito? Isa itong malupit na disposisyon. May pagkakaiba ba sa pagitan nito at sa disposisyon ng mga anticristo sa pag-aangkin at paggamit sa pag-aari ng iglesia? (Wala.) Ayon sa perspektiba ng mga anticristo ukol sa pag-aari, sa sandaling maging mga lider at “mga opisyal” na sila, at hawak-hawak na nila ang pag-aari ng iglesia, pagmamay-ari na nila ang pag-aari ng iglesia. Kahit sino pa ang naghandog, o kung ano ang ibinigay nila bilang handog, susunggaban ito ng mga anticristo. Ano ba ang ibig sabihin ng pagsunggab sa isang bagay? Ibig sabihin nito ay matapos mapasailalim sa kontrol ng mga anticristo ang pag-aari ng iglesia—na dapat sana ay maayos na magamit at mailaan nang alinsunod sa mga regulasyon ng iglesia—sila lang ang may eksklusibong kapangyarihan na gamitin ito. Kahit kapag kailangan ang pag-aari na ito para sa gawain ng iglesia o ng mga manggagawa sa iglesia, hindi pumapayag ang mga anticristo na ipagamit ito. Sila lang ang maaaring gumamit nito. Tungkol naman sa kung paano gamitin at ilaan ang pag-aari ng iglesia, ang mga anticristo ang may huling salita; kung nais nilang ipagamit ito sa iyo, maaari mo itong gamitin, at kung hindi, hindi mo ito maaaring gamitin. Kung hindi sagana ang mga pondong handog sa iglesia at nagamit ang lahat ng ito para sa personal na gastusin ng mga anticristo matapos nilang angkinin ang mga ito, wala silang pakialam na wala nang perang natira para sa gawain ng iglesia. Hindi nila isinasaalang-alang ang gawain ng iglesia ni ang normal na mga pinagkakagastusan ng iglesia. Ang gusto lang nila ay ang kunin ang mga pondong ito at sila mismo ang gumastos sa mga ito, itinuturing ang mga ito na parang sarili nilang kita. Hindi ba’t kahiya-hiya ang ganitong paraan ng paggawa sa mga bagay-bagay? (Oo.) Sa ilang iglesia na matatagpuan sa medyo mauunlad na lugar, iniisip ng mga anticristo: “Ayos na ayos ang lugar na ito. Pagdating sa mga pagkakagastusan, maaari akong gumastos nang gumastos at gawin kung ano ang gusto ko, at hindi ko na kailangan pang sumunod sa mga regulasyon at prinsipyo ng iglesia. Maaari akong gumastos ng pera sa anumang paraan na gusto ko. Mula nang maging lider ako, sa wakas natamasa ko na rin ang buhay na gumastos ng pera nang hindi na kailangang magtuos. Ang kailangan ko lang gawin ay sabihin lang kung gusto kong gumastos sa isang bagay, hindi ko kailangang mag-alala tungkol dito, at lalong hindi ko kailangang isangguni pa ito sa kaninuman.” Pagdating sa paggastos sa yaman ng iglesia, hawak ng mga anticristo ang lahat ng kapangyarihan, padalus-dalos silang kumilos, at wala silang patumanggang gumastos ng pera. Bukod pa sa wala silang ginagawang anumang gawain na alinsunod sa mga prinsipyo ng iglesia o sa mga pagsasaayos ng gawain, ganoon din tinatrato ng mga anticristo ang pag-aari ng iglesia, nang walang anumang prinsipyo. Maaari nga kayang hindi nila nauunawaan ang mga prinsipyo? Hindi, alam na alam nila ang mga prinsipyo tungkol sa alokasyon at paggastos ng pag-aari ng iglesia, pero hindi nila makontrol ang sarili nilang kasakiman at mga pagnanais. Kapag mga ordinaryong tao sila na walang anumang katayuan, mapagpakumbaba sila at namumuhay nang simpleng pang-araw-araw na buhay, pero sa sandaling maging lider na sila, iniisip nilang bigating-tao na sila. Nagiging partikular sila sa kung paano sila manamit at kumain—hindi na

sila kumakain ng mga ordinaryong pagkain, at natututo na silang maghanap ng mga de-kalidad at sikat na tatak sa pagdadamit sa kanilang sarili. Kailangan de-kalidad ang lahat; saka lamang nila nararamdamang umaayon ito sa kanilang identidad at katayuan. Sa sandaling maging lider na ang mga anticristo, para bang may utang ang lahat ng kapatid sa kanila, at dapat maghandog ng mga regalo ang mga ito sa kanila. Kung may magandang bagay na dumating, dapat unahin sila, at inaasahan nilang gagastusan sila ng mga kapatid. Naniniwala ang mga anticristo na ang pagiging lider ay nangangahulugang may kapangyarihan dapat sila na unahin ang kanilang pag-angkin at paggamit sa pag-aari ng iglesia. Bukod sa ganito sila mag-isip, ganito rin sila umasal. Bukod pa rito, sumusobra na sila, dahilan para kasuklaman sila ng ibang tao. Kung titingnan mula sa perspektibang ito, ano ang karakter ng mga anticristo? Matapos maging lider, nang walang ginagawang kahit kaunting gawain, gusto nilang angkinin ang mga handog at sila ang maunang gumamit sa mga ito. Anong uri ng tao ang may kakayahang gawin ang mga gayong bagay? Isang tulisan, isang tirano, o isang lokal na siga lamang ang gagawa ng mga ganitong bagay.

May isang lider na ginawa ang sumusunod na gawa. Subukan ninyong kilatisin ang bagay na ito na ginawa niya, at himayin ninyo ito. Isang araw, nakatanggap Ako ng isang pakete ng mga Chinese herbal dietary supplement. Naisip Ko, “Hindi Ko naman pinabili ito sa sinuman, kaya saan nanggaling ito? Sino ang bumili nito? Bakit wala Akong nalalaman tungkol dito?” Pagkaraang makapagtanung-tanong, napag-alaman Ko na isa palang lider ang nagpasya na bilhin ito nang hindi man lang sumasangguni sa ang Itaas. Sinabi niyang kailangan ng ang Itaas ang aytem na ito. Pagkarinig nito, sinabi ng mga kapatid na nasa ibaba, “Yamang gusto ng ang Itaas na mabili ito, simple lang iyan, maaaring gamitin na lang natin ang pera ng iglesia para bilhin ito. Anuman ang gustong bilhin ng ang Itaas ay ayos lang, lalo na’t kung para naman ito sa Diyos—wala kaming anumang pagtutol.” Pagdating naman sa perang ginastos—kanino ito? (Mga handog para sa Diyos.) Paano nangyaring napakaluwag niya pagdating sa paggastos ng mga handog na para sa Diyos? Pinahintulutan ba ng ang Itaas ang pagbili na ito? Nang hindi humihingi ng pagsang-ayon Ko, lihim siyang nagdesisyon nang mag-isa na bilhin ang gamot. At nang binibili na niya ito, hindi niya inisip man lang na, “Magiging kapaki-pakinabang ba ito sa ang Itaas? Angkop ba ang binibili kong ito? Gaano karami ang dapat kong bilhin? Papayagan ba ako ng ang Itaas na gastusin ang perang ito?” Tinanong ba niya ang mga bagay na ito? (Hindi.) Nang hindi man lang nagtatanong, binili niya nang direkta ang aytem na ito. Saan nanggagaling ang pagiging bukas-palad na ito? Anong uri ng personal na katapatan ito? Ginamit niya ang pera ng Diyos para bumili ng isang bagay para sa Diyos, itinuturing itong kanyang sagradong tungkulin, ginagawa ang lahat at pinagtatagumpayan ang lahat ng hadlang para mabili ang bagay na iyon at mabigyang-lugod ang Diyos. Ano ang ibig sabihin dito ng pagbibigay-lugod sa Diyos? Ibig sabihin nito: “Maaari kitang sorpresahin nang hindi na dumaraan sa iyo. Kita mo, may ganito akong abilidad! Alam mo bang nagawa ko ito? Ano sa palagay mo?

Hindi ba't isa itong magandang sorpresa? Hindi ka ba masaya? Panatag ba ang pakiramdam mo?" Kaninong pera ba ang ginamit mo? Sa iyo ba iyon? Kung ang ginastos mo ay pera ng Diyos, nakuha mo ba ang pagsang-ayon ng Diyos? Ginastos mo ang perang ninakaw mo mula sa Diyos, at pagkatapos ay sasabihin mong nais mong bigyan ang Diyos ng isang magandang sorpresa: Anong klaseng lohika ito? At kaninong pera ba ang ginamit mo nang napakabukas-palad? (Ang pera na pagmamay-ari ng sambahayan ng Diyos.) Ang maging bukas-palad sa perang pagmamay-ari ng sambahayan ng Diyos ay katumbas ng pagiging bukas-palad sa mga handog na para sa Diyos. Hindi ba't kasuklam-suklam ito? (Oo.) Maaaring makaramdam kayo ng pagkasuklam pagkarinig ninyo nito, pero ang taong sangkot ay hindi man lang nasuklam kundi medyo nalugod pa nga sa kanyang sarili. Matapos maipadala ang aytem, nagbulay-bulay siya: "Bakit walang anumang tugon? Ginawa ko ang napakagandang gawa na ito para sa iyo, kaya bakit hindi mo ako pinasalamatan? Ano ang tingin mo sa aytem? Nasisiyahan ka ba rito? Gusto mo bang ibili pa kita ng mas marami pa nito sa hinaharap? Anong nagiging pagtatasa mo sa akin? Mula ngayon, ilalagay mo na ba ako sa isang mahalagang posisyon? Nasisiyahan ka ba sa ginawa ko? Ginamit ko ang iyong pera para gawin ang isang bagay para sa iyo—ano ang masasabi mo sa kabaitan ko? Masaya ka ba? Sige na, magsalita ka naman. Bakit wala kang tugon?" Dapat ba ay nagbigay ako ng tugon sa kanya? (Hindi.) Bakit hindi? Medyo matagal-tagal nang nangyari ang insidenteng ito, pero sa buong panahong ito ay hindi nawala ang pagkasuklam Ko rito—nasusuklam Ako tuwing nakikita Ko ang bagay na iyon na binili niya. Sabihin ninyo sa Akin, makatwiran ba na masuklam Ako? Karapat-dapat bang himayin ang insidenteng ito? (Oo.) Anong uri ng asal ito? Pagpapahayag ba ito ng katapatan? Ng kabaitan? O ng may-takot-sa-Diyos na puso? (Wala sa mga ito.) Tinatawag itong pagkuha ng loob at paglalaro sa isang tao, at nangangahulugan itong: "Ginastos ko ang iyong pera para ibili ka ng isang bagay na gusto mo at para makapag-iwan ako ng magandang impresyon sa iyo, para mas gumanda ang pagtingin mo sa akin." Nais ng lider na ito na bigyan Ako ng kasiyahan, para bolahin Ako at sumipsip sa Akin, pero nabigo siya sa bandang huli, at nakilatis Ko siya. Anong mga pagkakamali ang nagawa niya? Una sa lahat, hindi ito isang bagay na iniatas Ko sa kanya na gawin para sa Akin; wala Akong ipinadalang mensahe na gawin niya ito. Pangalawa, kung ginusto man niyang gawin ito bunsod ng kabutihang-loob ng kanyang puso, nagpaalam muna dapat siya at humingi ng pahintulot bago niya ito ginawa. At, habang isinasagawa niya ito, hindi ba't dapat ay nagtanong siya tungkol sa mga kaugnay na bagay na kailangan niyang malaman? Halimbawa, kung gaano karami ang bibilhin, kung magkano ang bibilhin, kung anong kalidad ang bibilhin, kung paano dapat gastusin ang pera—hindi ba't dapat itinanong niya ang tungkol sa mga bagay na ito? Ang magtanong tungkol sa mga bagay na ito ay naging pagkilos sana nang alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo. Kaya, ano ang kalikasan ng kanyang kabiguan na gawin ang mga pagtatanong na ito? Sa mas maliit na antas, iniisip niyang napakatalino niya, sa mas malaking antas naman, tinatawag itong

pagkilos ayon sa sariling kagustuhan, walang pagsasaalang-alang sa Diyos, at pagkilos nang padalus-dalos! Hindi Ko kailanman sinabi sa kanya na bilhin ang aytem na iyon, kaya para kanino ang pagpapakita niyang ito ng mabubuting intensyon? Hindi ba't naghahanap siya ng gulo? Higit pa rito, ang pinakamalaki niyang problema ay kung paano itinuturing ng mga anticristo ang pag-aari, na ating pinagbabahaginan at hinihimay ngayon. Naniwala siya na, bilang lider ng iglesiang iyon, kalipikado siyang tamasahin ang mga handog na ibinigay sa Diyos ng hinirang na mga tao ng Diyos sa loob ng iglesia, at na may kapangyarihan siyang gamitin at angkinin ang mga handog na ito sa Diyos, at na siya ang may huling salita pagdating sa mga ito. Sa iglesiang iyon, taglay niya ang kapangyarihan ng isang hari at naging lokal na tirano siya roon. Iniisip niya: "Hindi ko kailangang ipaalam o itanong sa iyo ang mga bagay na binibili ko, ako na ang bahala rito para sa iyo. Sang-ayon ka man o hindi, hangga't nararamdaman kong magiging mabuti itong gawin sa ganitong paraan, at gusto kong gawin ito sa ganitong paraan, ganoon ko ito gagawin." Anong klase siya? Hindi ba't isa siyang anticristo? Ganoon kawalang kahihyan ang mga anticristo. Nang mabigyan ng katayuan at maging lider ang taong ito, ginusto niyang maging isang hari, para maangkin ang pag-aari ng iglesia. Iniisip niya na siya lamang ang makapagpapasya tungkol sa pag-aari ng iglesia, at siya lamang ang may kapangyarihan para angkinin ito at gamitin ito. Iniisip pa nga niya na siya ang may huling salita sa pagbili ng mga bagay-bagay para sa Akin at kung anong mga bagay ang dapat bilhin. Pero kailangan Ko bang ibili mo Ako ng mga bagay-bagay? Anuman ang gamitin Ko, at kung paano Ko man ito gamitin, kailangan Ko bang isangkot ka pa? Hindi ba't kawalan ito ng katwiran? Hindi ba't kawalan ito ng kahihyan? Nakalimutan mo na ba kung sino ka? Hindi ba't katulad lang ito ng arkanghel na, matapos mabigyan ng katayuan, ay ginusto nang maging kapantay ng Diyos? Gaano karaming pagkakamali ang ginawa ng tao na gumawa nito? Ang una ay na inilaan niya ang pag-aari ng iglesia na para bang personal niyang pag-aari ito; ang pangalawa ay na nagkusa siyang gumawa ng desisyon tungkol sa pagbili ng mga bagay-bagay para sa Akin; ang pangatlo, yamang pinagdesisyunan na niya ito nang mag-isa, hindi na niya ipinaalam sa ang Itaas ang tungkol dito, hindi siya sumangguni sa kanila at hindi niya ito iniulat sa kanila. Lubhang malubha ang bawat isa sa mga ito. Tila maayos ang pagpapatakbo ng operasyon ng anticristong ito. Isang salita lang niya, isasakatuparan na ng mga alipores niya ang mga utos niya sa maayos na paraan. Ni hindi man lang sila nagtanong: "Napakalaki ng magagastos natin para bilhin ang aytem na ito—iniutos ba ito ng Diyos? Maaari bang gamitin ang perang ito sa ganitong paraan? Angkop ba ito? Sino ba talaga ang nag-utos nito?" Ni hindi man lang tinanong ng mga alipores na iyon ang mga bagay na ito. May pananagutan ba sila? Mayroon ba silang katapatan? Wala, wala silang katapatan, at dapat silang itiwag. Isa itong halimbawa ng isang tao na gumamit ng mga handog noon ayon sa kanyang sariling mga kagustuhan at nang walang kahit anong prinsipyo. Ang gastusin ang mga handog sa Diyos para bumili ng mga bagay-bagay para sa Diyos, nang walang pahintulot Ko: isang malaking pagkakamali ang gawin ito.

Heto pa ang isang halimbawa, nais Kong pakinggan ninyo kung ano ang ginawa ng mga taong ito at tingnan ninyo kung nakakayamot ba ito. Sa mga pagtitipon ng iglesia, ang silyang inuupuan Ko ay masyadong malambot, at kapag umuupo Ako rito, lumulubog Ako nang husto. Napakataas din ng mesa na kinakailangan Ko pang panatilihing nakatuwid ang likod Ko, at nakakapagod para sa Akin na umupo nang ganito nang matagal. Kaya, sinabihan Ko silang bumili ng silya na medyo mas mataas at na may upuang hindi masyadong malambot. Hindi ba't isa itong bagay na madali lang dapat gawin? (Oo.) Ang totoo, simpleng bagay lang talaga ito. Una, kailangan nilang sukatin ang taas ng silyang kinauupuan Ko noong oras na iyon, at pagkatapos ay maghanap ng upuang mas mataas ng dalawang pulgada o marahil ay higit pa nang bahagya, at pagkatapos niyon ay kailangan nilang tingnan kung gaano kalambot ang upuang iyon, at maghanap ng isang medyo mas matigas. Una, puwede silang magtingin-tingin sa mga tindahan, at kung wala silang makitang akma, puwede silang maghanap pa sa online. Hindi ba't isa itong bagay na madaling asikasuhin? May anumang problema ba rito? Ang gumastos ng pera para bumili ng isang bagay ay hindi matatawag na isang hamon, at saka, kung pagsasama-samahin ng ilangtao ang kanilang mga ideya, magiging madaling pamahalaan ang gampaning ito. Kaya, pagkaraan ng ilang panahon, nagpunta Ako sa isa pang pagtitipon sa iglesiang iyon, at tinanong sila kung nakabili na ba sila ng bagong upuan. Sinabi nila, "Naghanap kami, pero wala kaming nakita na talagang akma, at hindi namin alam kung anong klase ng upuan ang gusto mo." Nabigla Ako nang marinig ito. Naisip Ko, "Sa pagkakaintindi Ko, maraming iba't ibang tindahan dito ang nagbebenta ng iba't ibang uri ng bagay, sa lahat ng uri ng kalidad, kaya hindi dapat maging ganoon kahirap na bumili ng upuan. Hindi rin naman Ako masyadong umaasa." Pero sinabi ng taong nangangasiwa sa pagbili, "Hindi madaling bumili; walang kahit isang ibinebenta na may mga ispesipikasyong gusto mo. Baka puwedeng pagtiyagaan mo na lang muna ang upuang nandito na." Naisip Ko, "Buweno, kung wala kang binili, ayos lang iyon, makakatipid ito ng kaunting pera, kaya pagtiyagaan Ko na lang muna ang upuang ito sa ngayon." Pagkaraan ng ilang panahon, nagpunta Ako sa isa pang lugar, kung saan may ilang magandang upuan na komportableng upuan, at masasabi mo kaagad sa unang tingin pa lang na mga lumang klase ang disenyo ng mga ito at maganda ang kalidad. Kaya, kinuhanan Ko ito ng litrato at sinabihan Ko sila na gamitin ito bilang gabay sa pagbili ng upuan, wala Akong itinakdang kulay nito na gusto Ko, at sinabi Ko sa kanila na kung wala silang makita sa mga tindahan, dapat tumingin sila sa online. Tinukoy Ko pa nga na dapat silang maghanap sa mga lugar na nagbebenta ng mga kagamitang pang-opisina. Pagkatapos niyon ay sumagot sila nang ganito: "Naghanap kami sa online, pero wala kaming nakita. Sinabi ng lahat ng gumagawa na lumang modelo na ito, at wala nang gumagawa ng mga upuan na may ganoong estilo sa panahon ngayon, kaya wala kaming nabiling ganoon." Nabigla na naman Ako nang marinig ito, at naisip Ko, "Palpak talaga ang mga taong ito sa pag-aasikaso ng mga bagay-bagay, at hindi talaga sila maaasahan. Maliit na gampanin lang ang ipinagkatiwala sa

kanila, at dalawang beses na nilang sinabi na hindi nila kayang bilhin ang gusto Ko, at tinanggihan nila Ako.” Sinabihan Ko silang patuloy na maghanap, at tingnan kung may ganoon sa iba pang mga website. Samantala, habang naghihintay, may nakita Akong upuan sa isa sa mga bodega ng iglesia. Hindi tapos ang pagkakayari ng upuan, ang kutson nito ay yari sa foam at nababalutan ito ng disenyo ng mga bulaklak na kulay rosas. Diretsong-diretso ang sandalan nito, diretsong-diretso ang mga patungan ng braso, diretsong-diretso ang mga paa, at ang upuan ay diretsong-diretso. Diretso ang bawat bahagi ng upuan; tama ang lahat ng anggulo at kuwadrado ang mga kanto. Sinabi Ko, “Ginawa ba ng isang tao mismo ang upuang ito?” Isang tao, na nagmamadaling lumapit, ang sumagot, “Hindi ba’t nangangailangan ka ng upuan? Ginawa namin ito para sa iyo, at naghahanda na nga sana kaming sabihin sa iyo ang tungkol dito at hilinging subukan mo ito.” Ang bait-bait nila sa Akin, kaya naisip Ko: “Sige, susubukan Ko ito.” Madiin Kong inupuan ang upuan, at sobra itong hindi komportable, para bang nakaupo Ako sa isang bato, dahil napakatigas ng foam na nasa kutson. “Ayos lang iyan,” sabi ng taong nakatayo sa tabi Ko, “Mapapalambot pa naman ito nang kaunti. Hindi pa naman ito tapos. Pagagandahin pa namin ito, at pagkatapos ay puwede mo na itong subukan ulit.” Subukan ito ulit? Mas mainam pang umupo sa isang bangkito kaysa sa upuang iyon; kahit papaano, sa bangkito ay hindi Ako parang nakaupo sa bato. Sinabi Ko, “Hindi, hindi ito puwede. Maghanap pa kayo kung kaya ninyo. Kung wala kayong mahanap, kalimutan na lang ninyo ito.” Kaya, inutusan Ko silang patuloy na maghanap. Hindi siguro ito naunawaan ng mga taong gumawa ng upuang iyon. Puwedeng inisip nila, “Pinakitaan ka namin ng labis na kabutihan, pinili namin ang materyales, ang estilo, at ang laki, at pasadyang gumawa ng upuan para sa iyo. Bakit hindi mo pinahahalagahan ang kabutihang-loob na ito? At higit sa lahat, sinasabi mo pang para kang nakaupo sa bato, na matigas ito. Bakit napakaselan mo? Anumang gawin namin para sa iyo, dapat gamitin mo na lang ito, tapos ang usapan. Pero heto ka, gusto mo pa ring bumili ng upuan sa halip. Sinabi na namin sa iyo nang ilang beses na wala kaming mahanap na uri ng estilo na gusto mo, pero nagpupumilit ka pa ring ibili ka namin ng ganoon. Hindi ba’t magiging magastos iyon? Bakit hindi na lang magtipid ng kaunting pera? Mas makakatipid nang husto kung gagawa na lang kami ng upuan; hindi masyadong mahal ang mga materyales. Anumang kaya naming gawin nang kami lang, dapat gawin na lang namin kaysa bumili pa kami. Bakit hindi mo nauunawaan ang ibig sabihin ng pagtitipid?” Sabihin ninyo sa Akin, mas makabubuti ba para sa Akin na gamitin ang upuang iyon o hindi? (Mas makabubuti para sa Iyo na huwag iyong gamitin.) Nang makita nilang hindi Ko gagamitin ang upuang ginawa nila, itinaon nila ito sa isang tabi, at wala ring sinuman sa kanila ang gumamit nito. Sabihin ninyo sa Akin, kung hindi Ko ito gagamitin, makakasakit ba Ako ng damdamin ng mga tao? (Hindi.) Sa buong buhay Ko, hindi pa Ako kailanman nakaupo sa isang upuang may kutson na napakatigas—matindi talagang karanasan ito. Gayon ang dakilang “kabutihan” na ipinakita sa Akin ng mga taong ito. Pagkalipas ng ilang panahon, sa kung anong di-inaasahang kombinasyon ng mga

pangyayari, may nabili na ngang isang upuan para sa Akin, kaya may naipakita naman talagang kaunting “kabutihan” ang mga tao sa Akin. Iyon ang unang pagkakataon na hiniling Ko sa kanila na ibili Ako ng isang bagay, at narinig nila ito nang direkta mula sa Akin, at lubhang kasuklam-suklam ang paraan nila ng pag-aasikaso sa gampanin. Napakahirap at napakamabusisi ang naging pagbili Ko ng isang upuan, lahat ay kinailangan pang dumaan sa kanila at talakayin pa sa kanila, at bukod doon ay kinailangan Ko ring alamin ang lagay ng kanilang loob. Kung maganda ang lagay ng kanilang loob, puwedeng bilhin nila ito para sa Akin, at kung hindi naman, puwedeng hindi nila ito bilhin, at kung ganoon ay wala akong magagamit. “Gusto mong gumamit ng komportableng upuan, pero hindi pa namin ito nagagawa, kaya mangarap ka na lang muna. Gamitin mo na lang muna itong ginawa ng karpintero. Kapag mayroon na kaming magagamit na mga komportableng upuan, makakagamit ka rin ng isa.” Hindi ba’t ganitong-ganito ang mga taong ito? Anong uri sila ng mga tao? Hindi ba’t mababa ang karakter ng mga taong ito? Hinihiling Ko lang naman sa kanila na gumastos ng kaunting handog para bumili ng isang bagay, ang kailangan lang nilang gawin ay ikilos ang kanilang mga kamay at mata nang kaunti, pero ganito kahirap, ganito katrabaho, na ipaasikaso sa kanila ang gampaning iyon. Paano kung sabihan silang gastusin ang sarili nilang pera? Sa simula, hindi Ko sinabi kung kaninong pera ang gagastusin—inakala ba nilang nilayon Kong gastusin nila ang sarili nilang pera, at dahil dito ay natakot sila kaya tumanggi silang bumili? Iyon kaya ang isang dahilan? Kapag hinihiling Ko sa iyong bumili ng isang bagay, bakit naman ikaw ang pagbabayaran Ko? Kung may pondo ang iglesia, sige at bumili ka, at kung wala, huwag kang bumili. Hinding-hindi kita pagbabayaran gamit ang sarili mong pera. Kaya, bakit naging ganoon kahirap na ipagawa sa kanila ang maliit na gampaning ito? Walang pagkatao ang mga taong ito! Kapag hindi nila sinusubukang gawin ang isang bagay, at hindi Ako nakikisalamuha sa kanila, mukha silang mabait at makatwiran, pero kapag sinimulan na nilang gawin ang isang gampanin, nawawala ang kabaitan at katwirang ito. Magugulo ang isip ng mga taong ito! Paano Ko sila makakasundo?

Heto pa ang isang halimbawa na may kaugnayan sa paksa ng mga handog. May isang lugar na may maliit na kusina, kung saan ang mga gamit panluto at pangkain ay ginagamit ng lahat, at paminsan, sa taglamig, hindi maiwasan ng mga tao roon na magkatrangkas. Sinabihan Ko silang bumili ng sterilizing cabinet o ng isang ozone disinfectant para maesterilisa ang mga gamit pangluto at pangkain na ginagamit ng lahat. Magiging ligtas at malinis ito. Malaking bagay ba ang iginigiit Kong ito? (Hindi.) Ipinagkatiwala Ko ang gampaning ito sa isang tao at, sa loob lamang ng maikling panahon, nabalitaan Kong may nabili nang ozone disinfectant. Napanatag na ang loob Ko, at pagkatapos ay hindi Ko na inusisa pa ang tungkol sa bagay na ito. Pero may problema palang nangyari. Ang makinang binili ng taong ito ay hindi pala isang ozone disinfectant, kundi isang air-drying machine. Isa itong mapanlinlang na pagbili, at higit pa rito, napakababa ng kalidad nito, hindi man lang ito nakaka-esterilisa. Alam ba ito ng

taong nag-asikaso ng gampaning ito? (Dapat alam niya.) Pero hindi siguro alam ng buhong na ito. Bakit? Hindi ang taong pinagkatiwalaan Ko ng gampaning ito ang mismong nagsagawa nito, kundi naghanap siya ng ibang taong gagawa nito para sa kanya, at kaya hindi talaga niya alam kung anong aytem ang nabili, o kung maganda ba o pangit ang kalidad nito. Ano ang palagay ninyo sa naging paraan ng pag-aasikaso sa bagay na ito? Ginawa ba ito nang may konsensiya o wala? May anumang kredibilidad ba ang taong ito? Karapat-dapat ba siyang asahan? (Hindi.) Anong uri ng tao ito? Isa ba itong taong may integridad o pagkatao? (Hindi.) Isa itong taong magulo ang isip, isang ganap na buhong. At hindi pa rito nagtatapos ang kuwento. Pagkatapos na pagkatapos nito, nagsimulang magbulay-bulay ang taong nangangasiwa sa gampaning ito: “Magandang gumamit ng ozone disinfecto para maesterilisa ang mga bagay-bagay. Yamang maraming tao ang gumagamit sa ating mga bulwagang pinagkakainan, marahil ay dapat bumili na rin tayo ng mga ozone disinfecto para doon. Bumili ka ng isa, kaya bibili rin kami ng ilan. Mayroon kang maliit para sa iyong maliit na kusina, kaya bibili naman kami ng malalaki para sa aming malalaking bulwagang pinagkakainan.” Nang maisip niya ang ideyang ito, tinalakay niya ito sa iba pang mga buhong, at pagkatapos ay napagpasyahan nga ito. At lumalabas na pagkatapos na mabili ang mga ozone disinfecto na iyon, sinabi ng mga kapatid na yamang gumagamit naman ang lahat ng sarili nilang mga pinggan at hindi naman naghihiraman ng anumang kubyertos, hindi na kailangan pang maesterilisa ang mga ito, at kalabisan na lang na maesterilisa pa ang mga ito. Sa huli, natambak na lang ang mga makina, at kahit ngayon ay may ilan pa ring nakatambak sa bodega na nakabalot pa. Ano ang masasabi ninyo sa paraan ng pag-aasikaso sa bagay na ito? Ginawa ba ito sa isang makatwirang paraan? Hindi ba’t isa itong kaso kung saan naghanap lang ng kung ano-anong pagkakagastusan ang isang taong walang magawa? Sabi pa nga ng ilang tao, na iniisip na nanggaling sa ang Itaas ang utos na bilhin ang mga ito, “Huwag kayong magreklamo! Dapat natin itong tanggapin mula sa Diyos. Mahal na mahal ng Diyos ang mga tao na ibinibili pa Niya tayo ng mga bagay na hindi naman natin magagamit. Handa Siyang gumastos ng malaking halaga para sa atin. Napakabuti ng Diyos sa atin!” Pero ngayon alam na nila na ang mga biniling ito ay bunga ng mga lihim na operasyon ng grupo ng mga buhong. Ganito nila winaldas ang mga handog, nang walang sinumang nananagot, nang walang nagsusuri ng mga bagay-bagay, at walang nagsusuri kung angkop ba na binili ang mga ito, o walang nagulat matapos mabili ang mga ito. Ano ang naging batayan ng taong ito sa pagbili sa mga bagay na ito? Ito ay na hiniling Ko sa kanya na bumili ng sterilizing cabinet para sa maliit na kusina. Hiniling Ko ba sa kanya na bilhin ang mga ito para sa lahat ng bulwagang pinagkakainan? Hindi Ko siya kailanman inatasan ng gayong gampanin. Kung gayon, ano ang naging motibo niya sa pagbili ng mga ito para sa lahat ng bulwagang pinagkakainan? Hindi ba’t pagtuturing niya ito sa mga handog bilang personal niyang pag-aari, at paglalaan sa mga ito sa papaanong paraan man niya naisin na mailaan ang mga ito? May awtoridad ba siya na ilaan ang mga ito? (Wala.) Bago bilhin ang mga

makinang ito, hindi niya Ako kailanman tinanong: “Yamang bumili tayo ng isang ozone disinfectant para sa maliit na kusina, hindi ba’t dapat bumili rin tayo ng ilan para sa malalaking bulwagang pinagkakainan?” At hindi niya iniulat kung gaano karaming ozone disinfectant ang binili niya matapos niyang bilhin ang mga ito, at kung magkano ang nagastos lahat-lahat, ni hindi niya iniulat ang katunayang wala namang nakitang pakinabang ang mga kapatid sa mga ito. Ito ang kasuklam-suklam na paraan ng naging pag-asikaso sa bagay na ito. At ang taong ito na magulo ang isip ay suwail pa rin nang mapungusan siya. Paano dapat tratuhin ng isang tao ang ganitong uri ng tao? (Patalsikin siya mula sa iglesia.) Kung titingnan ang kalikasan ng insidenteng ito, hindi magiging kalabisan na patalsikin siya mula sa iglesia, dahil isa itong usapin na may kinalaman sa mga handog, at dahil may kinalaman ito sa mga handog, nilabag nito ang mga batas administratibo. Pagkilos ito nang padalus-dalos! Iniisip ba niyang sa kanya ang pera? May awtoridad ba siyang gamitin at waldas in ito? Sa pagbili na ipinagkatiwala Ko sa mga tao na gawin para sa Akin, lumikha sila ng iba’t ibang suliranin, at naging isang napakalaking paghihirap para sa kanila na magawa ang gampanin, at bukod pa rito ay kinailangan Ko pang talakayin ang lahat ng bagay sa kanila. Tungkol naman sa mga bagay na hindi Ko ipinagkatiwala sa mga tao na gawin at bilhin, binili nila ang mga bagay na iyon nang hindi nag-aatubili, hindi sila kailanman nagplano o kumonsulta sa karamihan kung magiging kapaki-pakinabang bang aytem ang mga ito—basta-basta na lang nilang winaldas ang pera nang ayon sa kanilang kagustuhan. Noong nakaraan, may ilang espesyal na sitwasyon kung saan sinabihan ang ilang tao na bumili ng pagkaing tatagal ng anim na buwan hanggang isang taon dahil may pangamba na baka hindi sumapat ang mga pagkain. Ipinaliwanag ang naturang usapin sa kanila sa ganitong maikli at simpleng paraan, at sa loob ng isang linggo, bumalik sila para mag-ulat na natapos na nila ang kanilang pamimili sa loob ng tatlong araw, nakabili sila ng mga organikong produkto at ng mga produktong malapit nang masertipika bilang organiko. Kumusta ang ginawa nila? Hindi ba’t napakahusay ng naging paggawa nila? Hindi Ko na kinailangan pang magsalita ng anuman, naasikaso na ang naturang usapin. Inasikaso nila ang gampaning ito nang sila lang nang may kagalakan at kahandaan, at lumitaw talaga na mahusay, maliksi, matalino, at maalalahanin sila. Hindi lamang ang pagkaing kailangan nila ang kanilang nabili, kundi maging ang mga pang-araw-araw nilang pangangailangan. Kabilang sa mga pang-araw-araw nilang pangangailangan na iyon ang lahat ng kanilang kailangan, nabili nila ang lahat ng maisip mo, maging ang mga bagay tulad ng mga kendi, butong-pakwan, at iba pang mamimiryenda. Naisip Ko na alam talaga ng mga taong ito kung paano mamuhay; alam nila kung paano gumastos ng pera, at malakas din ang loob nilang gumastos ng pera. May kapabilidad sila, may malalakas na kasanayan para mabuhay, mas malakas kaysa sa mailap na hayop, at napakabilis nilang kumilos, mas mabilis pa kaysa sa inaasahan Ko. Para mabuhay, nagawa nilang maitulak ang mga bundok at dagat—walang anumang bagay na hindi nila kayang gawin. Mula sa insidenteng ito, nakita Ko na hindi naman lubos na walang-utak

o ganap na walang kakayahang makakumpleto ng mga gampanin ang mga taong ito, bagkus ay pangunahing nakadepende ito sa kung para kanino ba nila inaasikaso ang mga gampaning ito. Kung inaasikaso nila ang mga gampanin para sa kanilang sarili, mukha talaga silang aktibo, matalino, mabilis kumilos, at episyente—hindi na sila kailangang udyukan, at hindi Ko na kinailangang mag-alala sa kanila. Pero nang gumagawa sila ng tungkulin sa sambahayan ng Diyos, nahirapan silang asikasuhin ang anumang gampanin, hindang-hindi nila mahanap ang mga prinsipyo, at lagi silang pumapalpak. May dahilan pala ito, at may malaking pagkakaiba sa pagitan ng kapag ginagawa nila ang mga bagay-bagay para sa kanilang sarili at kapag ginagawa nila ang mga bagay-bagay para sa sambahayan ng Diyos. Sa ngayon, huwag na muna nating pag-usapan kung anong uri ng disposisyon o diwa ang taglay ng mga taong ito. Ibinunyag ng dalawang ganap na magkaibang saloobing ito na kinikimkim ng mga taong ito sa pag-aasikaso ng mga bagay-bagay na tunay nga silang may mababang pagkatao. Gaano nga ba kababa ang kanilang pagkatao? Hayaan ninyong bigyan Ko ito ng depinisyong para sa inyo, hindi tao ang mga taong ito, isa lang silang grupo ng mga halimaw! Akma ba sa kanila ang depinisyong ito? (Oo.) Maaaring mahirap sikmurain ang mga salitang ito, at maaaring nakakasama ng loob na marinig ang mga ito, pero ganitong-ganito ang pag-aasikaso ng mga taong ito sa mga gampanin, at ganitong uri talaga sila. Ang sinasabi Ko ay batay sa mga katunayan at hindi ito paninirang-puri nang walang basehan. Kapag ginagamit ng sambahayan ng Diyos ang ilang tao, dahil sila ay bata pa, medyo mahina ang kakayahan, at kulang sa pundasyon at tayog, patuloy silang tutulungan nito, at ibabahagi sa kanila ang katotohanan at mga prinsipyo. Pero, sa huli, ang mababang karakter ay mababang karakter talaga, ang isang halimaw ay isa talagang halimaw, at hindi na kailanman magbabago ang mga taong ito. Bukod sa hindi nila isasagawa ang katotohanan, lalo pa silang lalala, magmamalabis, at hindi magtataglay ng kahit katiting na pakiramdam ng kahihyan na isang bahagi ng normal na pagkatao. Kapag bumibili sila ng isang bagay o kapag isinasagawa nila ang isang gampanin para sa sambahayan ng Diyos, hindi sila kailanman humihingi ng payo tungkol sa kung paano bilhin ang mga bagay na ito nang makakamura at makakatipid ng pera habang nakakakuha pa rin ng isang praktikal na bagay. Hindi nila ito kailanman ginagawa. Pikit-mata lang silang gumagastos ng pera, bumibili ng mga bagay-bagay nang walang ingat, at bumibili na lang ng kung anong walang kuwentang mga produkto. Pero kapag dumating na ang panahon para kumpletuhin ang isang gampanin o personal na bilhin ang isang bagay para sa Akin, sineseryoso na nila ito at pinag-iisipan kung paano makakatipid sa gastos, at kung paano gagastos nang kaunti pero mas marami ang magagawa. Iniisip nila na ang paggawa sa mga bagay sa ganitong paraan ay paghawak sa mga prinsipyo at pagsasagawa sa katotohanan. May kahit kaunti bang katwiran ang mga taong ito? Kaninong pera ito, at para kanino ito dapat gastusin—malabo pa nga ang mga bagay na ito sa kanila. Hindi ba't ganito ang pag-aasikaso sa mga bagay-bagay na parang isang buhong? May mga ganitong tao ba sa paligid ninyo?

Ang lahat ng hindi nakikipagtalakayan sa mga tauhan ng pananalapi o sa mga kapatid na katrabaho nila kapag bumibili ng mga mahalaga at mamahaling bagay para sa iglesia, na basta na lang winawaldas ang mga handog ayon sa kagustuhan nila, na nalalaman namang dapat silang magtipid at magbadyet ng kanilang gastusin kapag ginagastos nila ang sarili nilang pera, pero winawaldas naman ang pera nang ganoon-ganoon lang kapag ginagastos ang mga handog na para sa Diyos—sadya talagang kamuhi-muhi ang mga ganitong tao! Masyado silang kasuklam-suklam! Tama ba? (Oo.) Kinasusuklanan Ko ang mga gayong bagay sa tuwing maiisip Ko ang mga ito. Mas mababa pa nga ang mga halimaw na iyon kaysa sa mga asong-bantay. Nararapat ba silang manirahan sa sambahayan ng Diyos?

May isang lider noon na kinukuha ang lahat ng aytem na inihandog sa Diyos ng mga kapatid sa iba't ibang lugar para ilagay sa kanyang “pag-iingat,” kabilang na ang mga mamahaling bagay, karaniwang damit, mga produktong pangkalusugan na makakain, at iba pa. Mga may-tatak na bag ang nakasukbit sa kanyang likod, nakasuot ng balat na sapatos ang kanyang mga paa, may mga singsing sa kanyang mga daliri, mga kuwintas sa kanyang leeg, at iba pa— anumang maaari niyang gamitin, aangkinin at gagamitin niya, nang walang pahintulot ninuman. Isang araw, tinanong siya ng ang Itaas na Brother kung bakit hindi pa niya naibibigay ang lahat ng aytem na inihandog sa Diyos ng mga kapatid sa iba't ibang lugar. Sumagot siya: “Sinabi ng mga kapatid na bigay sa iglesia ang mga bagay na ito, hindi nila sinabi na handog sa diyos ang mga ito.” Ipinagdiinan pa niya ang punto na ibinigay ang mga ito sa iglesia, na di-sinasabing ipinapahiwatig niya na, yamang siya ang kinatawang may lubos na kapangyarihan sa iglesia, mas maigi pang huwag nang umasa ang Diyos na makukuha pa Niya ang mga bagay na ito, na hindi para sa Diyos ang mga ito kundi para sa paggamit ng iglesia. Sa mas kongkretong pananalita, ibig niyang sabihin: “Ako ang siyang dapat na gumamit ng mga bagay na ito, hindi ito inihandog para gamitin ng diyos. Ano ba ang hinihingi mo? Kalipikado ka bang hingin ito?” Nagagalit ba kayong marinig ito? (Oo.) Kahit sino ay magagalit kapag narinig ito. Sabihin ninyo sa Akin, may naniniwala ba na inihahandog sa mga lider ng iglesia ang mga bagay na ibinigay ng mga kapatid sa iglesia? Mayroon bang nagsasabi na, kapag naghahandog sila ng mga bagay sa iglesia, inihahandog nila ang mga ito sa kung sinong lider ng iglesia? May ganito bang intensyon ang sinuman? (Wala.) Maliban na lang kapag ginagawa nila ang paghahandog, isinusulat nila, “Pakiparating ito kay Ganito-at-ganyan”—saka lamang papasok ang bagay na ito sa pribadong pag-aari ng lider na ito. Kung hindi naman, ang lahat ng bagay na inihandog, pera man ito o mga aytem, ay ibinigay ng mga kapatid sa Diyos. Ang mga bagay na inihandog sa Diyos ay tinatawag sa kabuuan na mga handog. Kapag naitalaga na ang mga ito bilang mga handog, ang mga ito ay para na sa paggamit ng Diyos. Kapag ang mga ito ay para sa paggamit ng Diyos, paano ginagamit ng Diyos ang mga ito? Paano inilalaan ng Diyos ang mga bagay na ito? (Ibinibigay Niya ang mga ito sa iglesia para gamitin sa gawain nito.) Tama iyan. May mga prinsipyo at partikular na detalye sa paggamit ng mga ito sa

gawain ng iglesia, kabilang na ang pang-araw-araw na panggastos para sa mga full-time na gumaganap ng kanilang mga tungkulin sa iglesia, at ang iba't ibang gastusin ng gawain ng iglesia. Sa panahon ng pagkakatawang-tao ng Diyos, kasama ang dalawang aytem na ito sa paggamit nito: ang pang-araw-araw na gastusin ni Cristo, at ang lahat ng gastusin ng gawain ng iglesia. Ngayon, sa dalawang aytem na ito, mayroon ba rito na nagsasabing ang mga handog ay maaaring gamitin bilang mga personal na suweldo, gantimpala, gastusin, at kabayaran? (Wala.) Hindi pagmamay-ari ng sinumang tao ang mga handog. Ang paggamit at alokasyon sa mga handog ay dapat isaayos ng sambahayan ng Diyos, at pangunahing ginagamit ang mga ito sa gawain ng iglesia: Hindi kasama rito na kung sinuman ang lider ng iglesia ay siya ang may awtoridad na umangkin o gumamit sa mga handog. Kung gayon, paano ba talaga dapat gamitin ang mga ito? Dapat ilaan ang mga handog na ito ayon sa mga prinsipyo sa paggamit ng pag-aari ng iglesia. Kung titingnan sa perspektibang ito, hindi ba't kahiya-hiya na laging ninanais ng mga anticristo na unahin ang kanilang pag-angkin at paggamit sa mga handog? Iniisip lagi ng mga anticristo na ang mga pera at aytem na inihandog ng mga kapatid ay para sa sinumang nasa posisyon ng pamumuno. Hindi ba't walang kahihyang paraan ng pag-iisip ito? (Oo.) Sobra itong walang kahihyan! Hindi lamang buktot at malupit ang mga anticristo sa kanilang disposisyon, kundi mababang-uri at hamak rin ng kanilang karakter, na walang anumang kahihyan.

Sa pamamagitan ng pagbabahaginan tungkol sa mga paksang ito at sa pag-uusap tungkol sa mga usaping ito, magiging malinaw ang mga katotohanang dapat maunawaan at isagawa ng mga tao. Subalit, kung hindi tayo magbabahaginan tungkol sa mga bagay na ito, laging mahihinto sa isang literal at pandoktrinang antas ang pagkaunawa ng mga tao sa ilang katotohanan, at mananatili itong medyo hungkag. Kung isasama natin ang ilang totoong usapin sa ating pagbabahaginan sa katotohanan, mas magiging madali para sa mga tao na makilatis ang mga bagay-bagay, at magiging mas kongkreto at praktikal ang kanilang pagkaunawa sa katotohanan. Samakatwid, ang pagbabahaginan sa mga bagay na ito ay hindi para siraan ang sinuman o para pahirapan sila. Ito ang mga bagay na talagang nangyari, at bukod dito, may kaugnayan ang mga ito sa paksang pinagbabahaginan natin. Kaya, naging buhay na kagamitan sa pagtuturo ang ilang tao, at mga larawan at tauhan sa tipikal na mga halimbawang pinagbabahaginan at hinihimay natin. Napakanormal nito. Ang katotohanan, sa depinisyon nito, ay konektado sa mga salita, kaisipan, pananaw, kilos, at mga disposisyon na nabubunyag sa takbo ng buhay ng tao. Kung ang pagbabahaginan at ipapaliwanag lang natin ay ang literal na kahulugan ng katotohanan, inihihiwalay ito sa tunay na buhay, kailan pa kaya makakamit ng mga tao ang tunay na pagkaunawa sa katotohanan? Lalo pang magiging mahirap para sa mga tao na maunawaan ang katotohanan kapag ginawa ang mga bagay-bagay sa ganoong paraan, at mahihirapan ang mga tao na makapasok sa katotohanang realidad. Ang makapagbigay ng ilang tipikal na halimbawa na mapagbabahaginan at mahihimay ay mas magiging mainam sa pag-unawa ng mga tao sa katotohanan, sa mga

prinsipyong dapat nilang isagawa, sa mga layunin ng Diyos, at sa daan na dapat nilang sundan. Dahil dito, kahit ano pang mangyari, parehong angkop at kapaki-pakinabang ang pamamaraang ito sa mga tao. Kung walang kinalaman sa katotohanan ang mga bagay na ito, o sa disposisyon ng mga anticristo na hinihimay natin, hindi Ko gugustuhing magsalita tungkol sa mga ito. Pero may kinalaman nga ang mga disposisyon at diwa ng mga taong gumawa ng mga bagay na ito sa paksang pinagbabahaginan natin, kaya dapat nating pagbahaginan ang mga ito kapag kinakailangan. Ang pakay sa pagbabahaginan nito ay hindi para supilin ang mga tao o pahirapan sila, ni hindi para ipahiya sila sa publiko; bagkus, ito ay para himayin ang disposisyon at diwa ng mga tao, at ang mas mahalaga pa, para himayin ang disposisyon ng mga anticristo na nasa loob ng mga tao. Kung, sa tuwing nababanggit ang mga paksang ito sa ating pagbabahaginan, ang pumapasok lang sa isip ninyo ay na may ginawang ganito at ganyang bagay si ganito at ganyang tao, at bigo kayong maisip kung paano ito nauugnay sa katotohanan at sa mga tiwaling disposisyon ng mga tao, napatutunayan ba nito na naunawaan na ninyo ang katotohanan? (Hindi.) Kung ang naaalala lang ninyo ay isang usapin, o isang partikular na tao, at nagkakaroon kayo ng mga pagkiling, opinyon, at masamang palagay patungkol sa taong iyon, masasabi na bang nauunawaan na ninyo ang katotohanan? Hindi ito pagkaunawa sa katotohanan. Kung gayon, sa ilalim ng anong mga kondisyon masasabi na nauunawaan na ninyo ang katotohanan? Halos sa lahat ng pagkakataon na pinagbabahaginan at hinihimay natin ang iba't ibang pagpapamalas ng diwa ng mga anticristo, nagbabanggit Ako ng ilang kuwento bilang mga tipikal na halimbawa, at nakikipagbahaginan Ako sa inyo tungkol sa kung nasaan ang mga mali sa mga kuwentong ito at kung anong daan ang dapat sundan ng mga tao. Kung hindi pa rin ninyo maunawaan matapos ang ganitong uri ng pagbabahaginan, ibig sabihin nito ay may problema sa inyong pagkaarok, na masyadong mahina ang inyong kakayahan at wala kayong espirituwal na pang-unawa. Kung gayon, sa ilalim ng anong mga kondisyon maituturing na mayroon kayong abilidad na makaarok, na may taglay kayong espirituwal na pang-unawa, at naunawaan ninyo ang katotohanang nakapaloob sa mga halimbawang pinagbahaginan natin? Una sa lahat, dapat magawa ninyong ikumpara ang inyong sarili sa mga halimbawang pinagbabahaginan natin at makilala ninyo ang inyong sarili, para makita kung mayroon din ba kayong ganitong uri ng disposisyon, at kung may kapabilidad ba kayong gawin ang mga gayong bagay kung mayroon kayong katayuan at awtoridad, at kung nagtataglay rin ba kayo ng mga gayong kaisipan at opinyon o nagbubunyag rin ng ganitong uri ng disposisyon. Isang aspekto ito. Dagdag pa rito, sa mga halimbawang pinagbabahaginan natin, dapat ninyong hanapin ang mga katotohanang prinsipyo na dapat ninyong maunawaan at sundin sa positibong paraan. Ibig sabihin nito ay hanapin ang landas na dapat ninyong isagawa, at alamin, sa mga sitwasyong ito, kung ano ang dapat ninyong maging posisyon at kung paano magsagawa sa tamang paraan at naaayon sa mga layunin ng Diyos. Bukod pa rito, sa pamamagitan ng paghihimay, dapat magawa ninyong kilalanin na ang inyong

disposisyon ay katulad ng sa mga anticristo, mabuo ninyo ang ganoong koneksyon, at malaman kung paano ito lulutasin. Sa ganitong paraan, mauunawaan ninyo ang katotohanan, kayo ay magiging taong nagtataglay ng espirituwal na pang-unawa, at may abilidad na maarok ang katotohanan. Kung pagkatapos makinig sa isang kuwento, matatandaan ninyo ang lahat ng pasikot-sikot, ang lahat ng sanhi at bunga, at nagagawa ninyong maipaliwanag ang mga ito, pero hindi naman ninyo nauunawaan ang mga katotohanang prinsipyo na dapat isagawa at pasukin ng mga tao, at kapag nahaharap sa isang sitwasyon, hindi ninyo alam kung paano gamitin ang mga katotohanang ito nang sa gayon ay makilatis ninyo ang mga tao at bagay, at makilala ninyo ang inyong sarili, kung gayon, ibig sabihin nito ay wala kayong abilidad na makaarok. At ang isang taong walang abilidad na makaarok ay isang taong walang espirituwal na pang-unawa.

Bibigyan Ko kayo ng isa pang halimbawa. May isang lalaki na kahahalal pa lang bilang lider. Bago pa man niya tunay na naunawaan at naarok ang aktuwal na sitwasyon ng iba't ibang aspekto ng gawain, ibig sabihin, bago pa niya isubsob ang sarili niya sa bawat isa sa iba't ibang aspekto ng gawain, nagsimula na siyang magtanung-tanong nang pribado: "Sinu-sinong mga tao ang nangangasiwa sa pag-iingat ng mga handog sa diyos sa ating iglesia? Iulat mo sa akin ang listahan ng kanilang mga pangalan. Ibigay mo rin sa akin ang lahat ng account number at password. Gusto kong maarok kung gaano kalaki ang perang mayroon." Wala siyang interes sa anumang gawain. Ang bagay na pinakainteresado siya, at gustung-gusto talaga niyang malaman, ay ang mga pangalan ng mga tao na nag-iingat sa mga handog, pati na ang mga account number at password. Hindi ba't may mangyayaring masama kapag ganito? Ginusto niyang mapasakamay ang mga handog, hindi ba? Kapag naharap kayo sa ganitong sitwasyon, ano ang dapat ninyong gawin? Yamang naging lider na siya, ibig bang sabihin nito ay dapat nang ibigay sa kanya ang pag-aari ng iglesia, at na may karapatan na siyang malaman ang tungkol dito at magkaroon ng kapangyarihang kontrolin ito? (Hindi, hindi dapat ibigay sa kanya ang impormasyong ito.) Bakit hindi? Hindi ba't hindi ka magiging masunurin kung hindi mo ito ibibigay sa kanya? (Ang katunayang nagpakita siya ng mga ganitong pagpapamalas ay pruwera na may mali sa kanya, kaya naman, para maprotektahan ang mga handog sa Diyos, hindi namin maaaring ibigay sa kanya ang impormasyong ito.) Tama iyan: Yamang may mali sa kanya, hindi ninyo ito maaaring ibigay sa kanya. Pinatutunayan ng tugon ninyo na hindi nawalan ng saysay ang nakaraan Kong pagbabahagi at na naunawaan ninyo ito. Bakit hindi ninyo maaaring ibigay sa kanya ang impormasyong ito? Ang mga responsabilidad at tungkulin ng isang lider ay hindi binubuo ng pagtutok ng kanilang atensyon sa mga handog, o ng subukang makakuha ng anumang impormasyong may kaugnayan sa mga handog. Hindi ito ang tungkulin o mga responsabilidad ng isang lider. Ang mga iglesia sa iba't ibang dako ay may mga taong itinalaga para pamahalaan at ingatan ang mga handog. Bukod dito, may mahihigpit na tuntunin at prinsipyo ang iglesia para pamahalaan ang paggamit ng mga handog. Walang sinumang may kapangyarihan na unahin ang kanilang paggamit sa

mga handog, lalo namang wala silang kapangyarihan na unahin ang kanilang pag-angkin sa mga handog. Naaangkop ito sa lahat ng tao nang walang eksepsiyon. Hindi ba't totoo ito? Hindi ba't tama ito? (Oo.) Kapag nais ng mga anticristo na unahin ang kanilang pag-angkin at paggamit sa mga handog, ito mismo ay mali na. Iniisip nila na, bilang mga lider, dapat malaya nilang matamasa ang paggamit ng mga handog: Ito ba ang katotohanan? Sa Diyos ang perang ito—bakit ginagamit nila ito nang mali? Bakit sila nasisiyahang gamitin ito sa paanong paraan man nila gusto? Kalipikado ba silang gawin ito? Sang-ayon ba ang Diyos sa ganitong paggamit nila ng mga handog? Sasang-ayunan ba ito ng mga taong hinirang ng Diyos? Ang pagkakamkam at pagwawaldas ng mga anticristo sa mga handog: natutukoy ito ng kanilang malupit na disposisyon, isa itong paraan ng pagtingin sa mga bagay-bagay na lumilitaw mula sa kanilang kasakiman, at hindi ito isang bagay na sinaad ng salita ng Diyos. Noon pa man ay gusto na ng anticristong ito na magkaroon ng kontrol sa lahat ng handog, maging sa lahat ng impormasyon tungkol sa mga tao na nangangasiwa sa pag-iingat nito, at sa lahat ng account number at password. Seryosong problema ito, hindi ba? Ninais ba niyang malaman ang mga pundamental na katunayan tungkol sa mga handog sa Diyos, at ingatan ang mga ito nang mabuti, at ilaan ang mga ito sa paraang makatwiran at na ingatan na hindi ito mababawasan, nang hindi pinapayagan ang sinuman na malaya at walang ingat na gastusin ang mga ito? Naisip ba niyang gawin ito? May maoobserbahan bang anumang palatandaan ng mabubuting intensyon mula sa kanyang mga kilos? (Wala.) Kaya, kung tunay ngang hindi pinag-iimbutan ng isang tao ang mga handog, ano ang gagawin niya kapag napili siya bilang lider? (Aalamin muna niya ang pagiging epektibo ng iba't ibang aspekto ng gawain sa iglesia, maging kung paano iniingatan ang mga handog at kung ligtas ba ang lugar na pinaglalagakan ng mga ito. Gayumpaman, hindi siya magtatanong tungkol sa mga account number, password, o mga halagang hawak-hawak.) Tama, pero may isa pang bagay. Pagkatapos na mapili bilang lider ang isang taong tunay na hindi nag-iimbot sa mga handog, sisiyasatin niya kung ligtas ba ang lugar na pinaglalagakan ng mga handog, pati na kung ang mga taong nangangasiwa sa pag-iingat ng mga ito ay angkop at maaasahan, kung lulustayin kaya ng mga ito ang mga handog, at kung iniingatan ba ng mga ito ang mga handog nang alinsunod sa mga prinsipyo. Isasaalang-alang muna niya ang mga bagay na ito. Para naman sa mga sensitibong impormasyon gaya ng dami ng mga handog at ang mga password, ang mga taong hindi sakim—mga disente at marangal na tao—ay iiwas sa mga bagay na ito. Pero hindi ito iiwasan ng isang taong sakim, magkukunwari ito na: “Ako ang lider. Hindi ba't dapat na pangasiwaan ko ang bawat aspekto ng gawain? Naibigay na sa pangangasiwa ko ang lahat, bakit hindi ang mga handog?” Gamit ang kapangyarihang mayroon siya, gugustuhin niyang makuha ang kontrol sa pananalapi ng iglesia gamit ang palusot na ito. Problema iyon. Hindi niya gagawin ang kanyang gawain o tutuparin ang kanyang mga responsabilidad nang maayos, ni hindi niya pamamahalaan ang mga pananalapi ng iglesia alinsunod sa mga normal na proseso at

prinsipyo. Sa halip, magkakaroon siya ng sarili niyang mga plano ukol sa mga ito. Sinumang may kapabilidad na mag-isip tulad ng isang normal na tao ay makikita ito. Nang simulang gawin ito ng lider na ito, may taong nag-ulat nito at napigilan siya. Pagkatapos, nag-ulat ang taong iyon sa Akin, tinatanong kung tama ba na gawin ito, at sinabi Ko na tama ito. Tinatawag itong pagprotekta sa mga interes ng sambahayan ng Diyos; hindi maaaring ibigay ang impormasyong iyon sa gayong tao. Ang naising kontrolin muna ang pera ng sambahayan ng Diyos nang hindi pa man lang gumagawa ng anumang gawain—hindi ba’t medyo katulad ito ng malaking pulang dragon? Kapag inaaresto ng malaking pulang dragon ang mga kapatid, ang unang ginagawa nito ay hindi ang bugbugin sila, sa takot na baka hindi na makapagsalita nang malinaw ang mga ito matapos silang mabugbog nang husto—tinatanong muna nito kung saan nakatago ang pera ng iglesia, kung sino ang nag-iingat nito, at kung magkano ang pera ng iglesia. Saka lamang nito tatanungin kung sinu-sino ang mga lider ng iglesia. Ang pakay lang nito ay masunggaban ang pera. Likas na magkapareho ang ginawa ng lider na ito at ang ginagawa ng malaking pulang dragon. Hindi siya nagtanung-tanong tungkol sa anumang gawain, o nagdala ng pasanin para sa anumang bagay, at pinag-ukulan lamang niya ng pansin ang mga pananalapi—hindi ba’t pagiging ubod ng sama ito? Halatang-halata ang mga kilos ng ubod ng samang taong ito! Bago pa man naging matatag ang kanyang katayuan, ginusto na niyang masunggaban ang pera. Hindi ba’t masyado naman siyang nagmamadali niyan? Ang hindi niya alam, nagawa na siyang kilatisin ng iba, at dahil dito ay natanggal siya kalaunan. Pagdating sa ganitong uri ng tao, na kumikilos sa gayon kahalatang paraan, dapat tandaan ninyo ito: Magmadali kayong tanggalin siya. Hindi na kailangan pang kilatisin ang anupamang bagay tungkol sa ganitong uri ng tao, gaya ng kanyang mga disposisyon, pagkatao, edukasyon, pinanggalingang pamilya, tagal ng panahong nanampalataya siya sa Diyos, kung may pundasyon ba siya o wala, kung ano ba ang mga karanasan niya sa buhay—hindi ninyo kailangang kilatisin ang alinman sa mga bagay na ito, sapat na ang bagay na ito para matukoy na ang gayong tao ay isang anticristo. Dapat magkaisa kayo upang tanggalin at alisin ang taong ito. Hindi ninyo siya kailangan bilang lider. Bakit? Kung hahayaan mo siyang pamunuan kayo, wawaldas niya kahit gaano pa karaming pera mayroon ang iglesia, at lulustayin niya itong lahat, at pagkatapos ay matitigil ang gawain ng iglesia at magiging imposible nang isakatuparan ito. Kung makaharap mo ang ganitong uri ng tao, na nakapako sa pagsunggab ng pera, na ang atensyon ay lagi at walang puknat nang nakapako sa kayamanan, at mapag-imbot siya, at kung hindi pa lumilitaw ang mga palatandaan ng kanyang tunay na kalikasan, at inihalal siya ng lahat nang magulo ang kanilang isipan, iniisip na mayroon siyang ilang kaloob, na mayroon siyang kaunting kapabilidad sa gawain, na may kapabilidad siyang akayin ang lahat na pumasok sa katotohanang realidad, na wala sa hinagap nilang sa sandaling maging lider na siya, sisimulan na niyang ibulsa ang pera, kung magkagayon, dapat magmadali na kayo at pabagsakin siya mula sa kanyang posisyon. Ito ang pinakatamang dapat gawin. Pagkatapos, maaari na kayong maghalal

ng iba. Hindi magigiba ang iglesia kung wala itong lider nang isang araw. Nananampalataya sa Diyos ang mga taong hinirang ng Diyos, hindi sa sinumang partikular na lider. Sabihin ninyo sa Akin, may mga pagkakataon ba na nagkakamali sa paghusga ang mga kapatid? Bago naging lider ang taong ito, walang paraan para masabi na sakim siya. Sa mga pakikisalamuha niya sa iba, hindi niya sinubukang manamantala, ginagastos niya ang sarili niyang pera kapag bumibili siya ng mga bagay-bagay, at nagbibigay pa nga siya ng limos. Pero, ang unang bagay na ginawa niya nang maging lider siya ay ang gumiit ng impormasyon tungkol sa mga pananalapi ng iglesia. Hindi kayang pigilan ng karamihan sa mga tao ang ganitong uri ng buktot na udyok—talagang hindi ito kapanipaniwala! Paano niya nagawang magbago nang ganoon kabilis? Hindi sa nagbago siya nang ganoon kabilis, kundi ganoong uri na talaga siya ng nilalang sa simula pa lang, ang tanging pagkakaiba lang, noon, wala siya sa mga sitwasyong magbubunyag sana sa kanya, at ngayon ay ibinunyag na siya ng sitwasyong ito. Yamang nabunyag na ang taong ito, bakit kaaawaan mo pa rin siya? Sipain mo na lang siya nang lumipad siya papalabas dito, mas malayo mas mabuti! May lakas ba kayo ng loob na gawin ito? (Mayroon.) Pagdating sa sinumang tao na palaging may pinaplano sa pag-aari ng iglesia, huwag ninyo siyang ihalal kapag hindi ninyo pa siya nakikilala nang lubos. Kung, dala ng kamangmangan, inihalal ninyo siya nang hindi ninyo siya nauunawaan nang lubos, at pagkatapos ay natuklasan ninyong isa pala siyang sakim na nilalang at isang Hudas, dapat magmadali na kayong palayasin at paalisin siya. Huwag kayong maging maawain, at huwag kayong mag-atubili. May mga nagsasabi: “Kahit na sakim ang taong iyon, ayos naman siya sa iba pang mga bagay. Kaya niyang gabayan ang mga tao tungo sa pagkaunawa sa salita ng Diyos, at kaya niyang mahimok ang mga tao na normal na gampanan ang kanilang mga tungkulin.” Pero sandali lang siyang ganito. Sa paglipas ng panahon, hindi na siya magiging ganito. Ilang araw lang ang lilipas at lilitaw na ang malademonyo niyang pagmumukha. Ang lahat ng pagpapamalas at disposisyon ng mga anticristo na pinagbahaginan natin noon ay unti-unting mabubunyag sa kanya. Pagdating ng panahong iyon, hindi ba’t magiging huli na ang lahat para tanggalin siya? Nagdusa na ang gawain ng iglesia sa panahong iyon. Kung hindi ka naniniwala sa sinabi Ko, at nag-aatubili ka, huwag kang sisinghot-singhot kapag may mga pagsisisi ka. Una, tingnan mo kung paano tinatrato ng isang tao ang mga handog: Ito ang pinakasimpleng estratehiya, at ang pinakadirekta at diretsahang paraan para makilatis kung may diwa ba ng mga anticristo ang isang tao. Sa mga paksang pinagbahaginan natin noon, kinailangan nating tukuyin ang mga disposisyon ng mga anticristo sa pamamagitan ng ilang pagpapamalas, pagbubunyag, perspektiba, salita, at kilos, at tingnan kung may diwa ba sila ng mga anticristo batay sa kanilang mga disposisyon. Sa isang isyu pa lang na ito, hindi na kailangang gawin ang mga bagay na ito: Ito ay direkta at diretsahan, simple, at hindi masyadong nangangailangan ng pagsisikap at oras. Hangga’t nagpapakita ang isang tao ng ganitong pagpapamalas—palaging nagnanais na unahin ang kanyang pag-angkin sa mga handog o puwersahang kinukuha ang mga handog—makatitiyak ka nang

isandaang porsyento na isa siyang anticristo. Maaari siyang ilarawan bilang isang anticristo, at hindi siya maaaring magsilbing lider, kundi dapat siyang tanggalin at itakwil ng mga kapatid.

Katatapos lang natin magbahaginan tungkol sa mga pagpapamalas ng mga anticristo na inuuna ang kanilang pag-angkin at paggamit sa mga handog, at ginamit natin ito para ipaliwanag at himayin ang mga disposisyon at ang diwa na ipinapahayag ng mga anticristo sa kanilang pagtatangka na kontrolin ang mga pananalapi ng iglesia. Ito ang unang aytem. Ang pag-angkin at paggamit—ang mga ito ang mga pinakauna at pinakapangunahing diskarte ng mga anticristo pagdating sa pag-aari ng iglesia. Sa aytem na ito, hindi natin kongkretong pinagbahaginan kung paano inaangkin at ginagamit ng mga anticristo ang pag-aari ng iglesia. Tatalakayin pa natin ito nang mas kongkreto at detalyado sa susunod na aytem, na ang mga anticristo ay winawaldas, dinidispalko, ipinahihiram, ginagamit nang may pandaraya, at ninanakaw ang mga handog.

B. Winawaldas, Dinidispalko, Ipinahihiram, Ginagamit Nang May Pandaraya, at Ninanakaw ang mga Handog

1. Winawaldas ang mga Handog

Iniisip ng mga anticristo na ang pagkakaroon ng katayuan at awtoridad ay nagbibigay sa kanila ng kapangyarihang unahin ang kanilang pag-angkin at paggamit sa mga handog. Kung gayon, paano nila inilalaan at ginagamit ang mga handog kapag nasa kanila na ang kapangyarihang iyon? Ginagawa ba nila ito ayon sa mga tuntunin ng iglesia o sa mga prinsipyong namamahala sa mga pangangailangan ng gawain ng iglesia? Kaya ba nilang gawin ito? (Hindi, hindi nila ito kayang gawin.) Ang katunayang hindi nila kaya ay may kaugnayan sa maraming bagay. Kapag nagkaroon na ng katayuan ang mga anticristo, hindi nila maiiwasang gawin ang ilang bagay na may kinalaman sa gawain ng iglesia, at ang isang bahagi ng gawaing ito ay kinapapalooban ng mga pagkakagastusan at pinaglalaanan ng pag-aari ng iglesia. Kung ganoon, ano ang mga prinsipyong sinusunod nila sa paglalaan ng pag-aari ng iglesia? Ito ba ay para makatipid? Ito ba ay para maging metikuloso sa pagpapalano ng mga pagkakagastusan, para makatipid hangga't maaari? Ito ba ay para isaalang-alang ang sambahayan ng Diyos sa lahat ng bagay? Hindi. Kahit puwede naman silang magbisikleta papunta sa isang lugar, gagastos pa rin sila ng pamasaha sa bus. At kapag hindi maginhawa at komportable sa kanila na laging mag-bus o umarkila ng sasakyan, iniisip na nilang gamitin ang pera ng sambahayan ng Diyos para bumili ng sasakyan. Habang tumitingin-tingin sila ng sasakyang bibilhin, inaayawan nila ang mga modelong mababa ang presyo at pangkaraniwan lang ang lakas ng makina, at partikular nilang pinipili ang isang sasakyang malakas ang makina, isang modelong may kilalang tatak na direktang inangkat mula sa ibang bansa, na nagkakahalaga ng mahigit isang milyong RMB. Iniisip nila, “Hindi ito malaking isyu, at ano’t anuman, ang sambahayan naman ng diyos ang magbabayad, at pera naman ng lahat ang pera ng sambahayan ng diyos. Walang mahirap sa sama-samang

pagbili ng lahat ng isang sasakyan. Napakalaki ng sambahayan ng diyos, ang buong sansinukob ay pagmamay-ari ng diyos, kaya napakalaking isyu ba kung bibili ang sambahayan ng diyos ng isang sasakyan? Sa mundo ni Satanas, lahat ng sasakyang minamaneho ng mga tao ay nagkakahalaga ng ilang milyong RMB, kaya medyo nakatipid na kung bibili ang ating iglesia ng sasakyan sa halagang isang milyong RMB lang. At saka, hindi lang naman ako ang gagamit ng sasakyan, buong iglesia ang gagamit nito.” Sa sandaling ibuka ng mga anticristo ang kanilang bibig, lalabas na ang mahigit isang milyong RMB, nang hindi man lang sila kumukurap o kinakabahan, at nang hindi man lang nakokonsensiya. Sa sandaling mabili ang sasakyan, nagpapakasaya na sila rito. Hindi na sila naglalakad papunta sa mga lugar na dapat nilang lakarin, hindi na sila nagbibisikleta patungo sa mga lugar na dapat sana ay binibisikleta na lang nila, at hindi na sila umaarkila ng mga sasakyan para sa mga lugar na maaari nilang puntahan gamit ang arkiladong sasakyan; sa halip, pilit nilang ginagamit ang kanilang “nakatalagang sasakyan.” Kumikilos sila sa gayong magarbong paraan, na para bang kaya na nilang makagawa ng mga dakilang gawain. Napakaaksayado ng mga anticristo sa pera, lahat ng binibili nila ay kailangang maganda, mamahalin, at moderno. Halimbawa, maaaring ilang sampung libong RMB ang diperensiya sa presyo sa pagitan ng pangkaraniwan lang at ng mamahaling mga modelo ng ilang partikular na uri ng makinarya at kagamitan. Sa mga ganitong sitwasyon, gugustuhin ng mga anticristo na bilhin ang mamahaling modelo, basta’t hindi nila sariling pera ang kanilang gagastusin, hindang-hindi sila maaapektuhan sa paggawa nito. Kung sarili nilang pera ang ipambabayad, hindi sila makakabili ng kahit isang pangkaraniwan o mababang modelo, pero kapag sinabi mong ang sambahayan ng Diyos ang magbabayad nito, gugustuhin nila ang mamahaling modelo. Hindi ba’t mga halimaw ito? Hindi ba’t wala sila sa katwiran? Hindi ba’t pagwawaldas ito sa mga handog? (Oo.) Mababa ang pagkatao ng mga taong nagwawaldas ng mga handog, sila ay makasarili at kasuklam-suklam! Kapag nakamit na ng mga anticristo ang kapangyarihang gamitin ang mga handog, nais nilang kamkamin ang mga handog, ginagamit ang mga ito nang hindi man lang isinasaalang-alang ang mga prinsipyo, at nagpipilit na makuha ang mga mamahaling aytem sa bawat pagbili. Kapag nagtitingin sila ng salamin sa mata, gusto nila ang mga mamahaling klase, ang mga klase na may proteksyon sa asul na liwanag at mga ultraviolet ray, na may pinakamalilinaw na lente, at kapag nagtitingin sila ng kompiyuter, gusto nila ang mamahaling klase, iyong pinakabagong modelo. May mapaggagamitan man sila o wala ng iba’t ibang kasangkapan at kagamitan sa kanilang mga tungkulin, kapag napag-usapan na ang paksa ukol sa pagbili ng mga gayong bagay, gugustuhin nila ang mamahaling klase. Hindi ba’t pagwawaldas ito sa mga handog? Marunong silang magtipid pagdating sa sarili nilang pera, puwede na ang kahit anong aytem basta praktikal ito, pero pagdating sa pagbili ng isang bagay para sa sambahayan ng Diyos, hindi na nila isinasaalang-alang ang mga usapin ng praktikalidad at pagtitipid ng pera. Ang iniisip lang nila ay na dapat kilalang tatak ito, dapat maipakita nito ang kanilang katayuan, at binibili nila kung alinman ang pinakamahal. Hindi ba’t

paghahanap ito ng sarili nilang pagkawasak? Ang gastusin ang mga handog na parang tubig—hindi ba’t ganito ang ginagawa ng mga anticristo? (Oo.)

May isang lalaki noon na lumabas para bumili ng sepilyo kasama ang Itaas na Brother. Ibinili niya ang brother ng sepilyo na nagkakahalaga ng mahigit kaunti sa isang dolyar, pero binilhan naman niya ang sarili niya ng imported na klase na nagkakahalaga ng mahigit 15 dolyar. Ngayon, sa pagitan ng Itaas na Brother at ng ordinaryong kapatid na ito, hindi ba’t masasabi ninyo na may kaunting pagkakaiba, kaunting di-pagkakatugma pagdating sa kanilang katayuan? (Oo.) Kung lohika ang pag-uusapan—huwag na nating banggitin ang mga bagay gaya ng katayuan, posisyon, o ang paraan ng pagtatalaga ng Diyos, at pag-usapan na lamang natin ang katunayang sa lahat ng mga taon na ito, nagtatrabaho nang husto ang Itaas na Brother—hindi ba’t dapat isang mas de-kalidad na bagay ang ginagamit niya? Pero hindi siya partikular sa ganitong bagay. Ano ang mga prinsipyong sinusunod niya? Ang maging matipid hangga’t maaari: Ang ganitong uri ng aytem ay hindi naman sopistikado, kaya ayos lang kahit gumamit ng isa na hindi ganoon kamahal, at hindi na kailangang gumasta ng ganoon kalaking pera para dito, ayos na basta’t magagamit naman ito. Ngayon, pagdating sa pagkakakilanlan, posisyon, at katayuan ng dalawang taong ito, may pagkakaiba sa pagitan nila, at isang aytem na may napakapangkaraniwang kalidad ang nabili para sa taong dapat na gumagamit ng magandang klase, at ang aytem na may pinakamagandang kalidad ang nabili para sa taong dapat na gumagamit ng pangkaraniwang klase. Ano ang naging problema rito? Sino sa dalawang taong ito ang may problema? Ang gumagamit ng magandang aytem ang siyang may problema. Wala siyang ideya kung sino siya at wala siyang kahihiyan, at bibilhin niya ang pinakamaganda at pinakamahal na aytem basta’t ang sambahayan ng Diyos ang magbabayad. May kahit kaunting katwiran ba ang taong ito? Kung nagawa niya ito habang namimili kasama ang Itaas na Brother—nagdedesisyon nang ganito habang kaharap ang Itaas na Brother—ano pa kaya ang nagawa niya kung mag-isa lang siyang namimili? Gaano karaming pera kaya ang winaldas niya? Siguradong mas matindi pa rito ang nagawa niya, at hindi lang sampung dolyar ang magiging diperensiya; magiging malakas ang loob niyang bumili ng mga aytem sa anumang halaga, at gumasta ng kahit magkano para sa mga ito. Ginastos niya ang mga handog at ang pera ng sambahayan ng Diyos sa ganitong paraan; hindi ba’t hinahanap niya ang sarili niyang pagkawasak? May mga nag-iisip na, “Napakalaki ng nagawa ko para sa sambahayan ng diyos, sinuong ko ang napakaraming panganib, tiniis ang napakaraming hrap, at maraming beses na akong nakulong. Marapat lamang na bigyan ako ng espesyal na pagtrato.” Ang “marapat” mong ito, ito ba ang katotohanan? Sa alin sa mga salita ng Diyos nakasaad na sinabi Niya na ang sinumang nakulong, o nagtiis ng mga hrap, o naglakbay kung saan-saan para sa Kanya sa loob ng maraming taon, ang siyang marapat na magtamasa ng espesyal na pagtrato, at marapat na mauna sa paggamit at pagkamkam ng mga handog, at pagwawaldas ng mga ito ayon sa kanyang kagustuhan, at na isa itong atas administratibo? May kahit isang salita ba na binanggit ang Diyos na

ganito? (Wala.) Kung ganoon, ano ang sinabi ng Diyos patungkol sa kung paano dapat gamitin ng ganitong uri ng tao, kasama na ang mga lider, manggagawa, at ang lahat ng tao na gumaganap ng kanilang mga tungkulin sa loob ng sambahayan ng Diyos, ang mga handog? Dapat nilang gamitin ang mga ito para sa mga normal na pagkakagastusan at normal na gastusin; walang kahit anong espesyal na awtoridad ang sinuman na gamitin o angkinin ang mga handog. Hindi gagawin ng Diyos na maging pribadong pag-aari ng sinumang indibidwal ang Kanyang mga handog. Gayundin, hindi itinakda ng Diyos na dapat magwaldas ng pera ang mga tao sa paggamit at paglalaan ng mga handog. Anong klaseng tao ang nagwawaldas ng pera? Anong uri ng disposisyon mayroon ang isang taong nagwawaldas ng pera? Isa itong bagay na ginagawa ng mga halimaw, tirano, tampalasan, sanggano, at kasuklam-suklam na mga kontrabida na walang kahihiyan, isa itong bagay na ginagawa ng mga anticristo. Hindi magpapakababa ang sinumang may kaunting pagkatao at may kaunting kahihiyan upang gawin ito. May ilang tao na, matapos maging lider ng iglesia, naniniwala na binibigyan sila nito ng awtoridad na gamitin ang mga handog at ang pag-aari ng iglesia. Gusto nila at malakas ang loob nilang bilhin ang kahit ano at ang lahat ng bagay, at gusto nilang hingin ang anuman at ang lahat ng bagay. Pakiramdam nila, anuman ang bilhin nila, anumang natatamasa nila, ay nararapat lang para sa kanila; bukod dito, hindi nila kailanman inaalam ang presyo. At kung ibibili sila ng isang tao ng isang aytem na mumurahin at ordinaryo, magagalit pa sila at magtatanim ng sama ng loob laban sa taong ito. Ganito ang mga anticristo.

2. Dinidispalko ang mga Handog

Ang isa pang pagpapamalas ng pagtatangka ng mga anticristo na kontrolin ang mga pananalapi ng iglesia ay ang pagdidispalko. Ang terminong “pagdidispalko” ay madali lang dapat na unawain. Ibig bang sabihin ng pagdidispalko ay ang kunin ang pag-aari ng iglesia at ibigay ito sa mga kapatid o ang ilaan ito sa gawain ng iglesia nang sa gayon ay magamit ito nang maayos? (Hindi.) Kung gayon, ano ang ibig sabihin ng “pagdidispalko”? (Ibig sabihin nito ay ang hindi paggastos nito sa angkop na paraan, bagkus ginagamit ito nang ayon sa kagustuhan o sa palihim na paraan.) Bagama’t tamang sabihin na “ginagamit ito sa palihim na paraan,” hindi ito lubos na partikular. Kung ginagamit ng isang tao ang pag-aari ng iglesia sa palihim na paraan para sa pang-araw-araw na gastusin ng mga gumagawa ng kanilang tungkulin nang full time, kung gayon ay walang mali rito, at hindi ito pagdidispalko. Ang pagdidispalko ay kinokondena, at hindi ito ayon sa mga prinsipyo. Halimbawa, kinokontrol ng ilang lider ng iglesia ang pera ng iglesia, at kapag kinapos sa pondo ang kanilang mga anak para makapagkolehiyo, at sadyang wala silang ganoon kalaking pera sa bahay, lumalapit sila sa Diyos para manalangin, sinasabing, “O diyos, hayaan mo munang aminin ko ang aking kasalanan at humingi ako ng tawad sa iyo. Kung kailangan mong magpataw ng parusa, parusahan mo nawa ako at huwag ang aking anak. Alam kong hindi ito tama, pero gipit ang kalagayan ko sa ngayon, kaya naman kailangan kong gawin ito. Napakasagana ng iyong awa, kaya umaasa na lang

ako na palulusutin mo ako sa pagkakataong ito at ibibigay sa akin ang iyong pagsang-ayon. Kapos ako ng mga dalawampu o tatlumpung libong RMB para sa pangmatrikula ng aking anak sa kolehiyo, at kahit matapos maghagilap ng pera at kaliwa't kanan akong mangutang, hindi pa rin sapat ang pera ko. Maaari ko bang gamitin ang iyong pera para ipambayad sa matrikula ng aking anak?" Pagkatapos nilang manalangin, napapanatag ang kanilang loob at, sa pag-aakalang sumang-ayon ang Diyos dito, kukunin nila ang pera para sa pribado nilang gamit. Pagdidispalko ito, hindi ba? Ang hindi paggamit sa pera para sa dapat na paggamitan nito, bagkus ay paggamit nito sa ibang bagay, nilalabag ang mga prinsipyong dapat sundin sa paggamit ng mga handog sa sambahayan ng Diyos: tinatawag ito na "pagdidispalko." Kapag nagkasakit ang isang miyembro ng pamilya at nangangailangan ito ng pera, o kapag kinapos sila ng pondo sa isang transaksyon sa negosyo, nagsisimula na silang pagplanuhan nang masama ang mga handog, at nananalangin sila sa kanilang puso, sinasabi nila: "O diyos, patawarin mo nawa ako, hindi ko intensyong gawin ito, nakakaranas talaga ng mga kagipitan ang aking pamilya. Kasinglawak ng karagatan ang iyong pagmamahal at walang-hanggan ito gaya ng kalangitan at hindi mo tinatandaan ang mga pagsalangsang ng mga tao. Pagkatapos kong maubos ang perang ito, babayaran kita nang doble kapag kumita na ang negosyo ng pamilya, kaya payagan mo nawang gamitin ko ito." Ganito nila ginagamit ang mga handog sa Diyos. Kahit kamag-anak man ito o isang kaibigan na nangangailangan ng pera, basta't nasa mga kamay ng mga lider na ito ang pera, ibibigay nila ito sa mga ito, nang hindi kumikilos ayon sa mga prinsipyo ni kinukuha ang pagsang-ayon ng iba, lalong hindi pinag-iisipan muna nang mabuti ang katunayan na mga handog ito sa Diyos. Sa halip, sila na mismo ang magdedesisyon, ilalabas nila ang pera ng iglesia at gagamitin ito sa iba pang mga bagay. Hindi ba't pagdidispalko ito? (Oo.) Pagdidispalko ito. Ngayon, ibinabalik nang buo ng ilang tao ang pera matapos palihim na dispalkuhin ang mga handog; ibig bang sabihin nito ay hindi na sila nagkasala ng pagdidispalko sa mga handog? Ibig bang sabihin nito ay maaari na silang palusutin? O, kung sa pagkakataong iyon ng pagdidispalko, may dahilan naman sila, may partikular na konteksto, o mga paghihirap, at wala na silang ibang alternatibo kundi ang dispalkuhin ang pera, maaari bang mapatawad ang pagdidispalko na ito at hindi na makondena? (Hindi, hindi ito maaari.) Kung ganoon, isang seryosong kasalanan ang kasalanan ng pagdidispalko ng mga handog! May pagkakaiba pa ba ito sa ginawa ni Hudas? Hindi ba't kauri lang ni Hudas ang mga taong nagdidispalko ng mga handog? (Oo.) Kapag papasok sa unibersidad ang kanilang mga anak, kapag may nagnenegosyo sa kanilang pamilya, o kapag nangangailangang magpagamot ang isang matanda, o kapag wala silang pataba na magamit sa pagsasaka, sa lahat ng sitwasyong ito, gusto nilang gastusin ang pera ng iglesia. Sinisira pa nga ng ilan ang mga resibo ng mga inihandog ng mga kapatid, pagkatapos ay ibinubulsa nila ang pera para gastusin nang ayon sa gusto nila, nang hindi man lang namumula sa hiya o kinakabahan. Tumatanggap pa nga ang ilan ng mga perang handog na mula sa mga kapatid tuwing may mga pagtitipon, at pagkatapos na

pagkatapos ng pagtitipon, umaalis sila at ipinambibili na nila ito ng kung anu-ano. At may ilang kapatid na, matapos makita mismo ng kanilang mga mata ang mga taong ito na nagdidispalko ng mga handog, hinahayaan pa rin nila na ang mga ito ang maghawak ng pera, nang walang kahit sinumang nananagot, at walang sinumang tumutulong na pigilan ito. Natatakot silang lahat na banggain ang mga lider na ito, kaya nakatanghod na lamang sila habang ginagastos ng mga ito ang pera. Kung gayon, inihandog mo ba ang perang ito sa Diyos, o hindi? Kung nagkakawang-gawa ka sa ibang tao, dapat linawin mo na hindi mo inihahandog ang perang ito sa Diyos, at nang sa gayon, hindi ito tandaan ng Diyos. Pagkatapos, pagdating naman sa kung kanino ang perang ito, kung sino ang gumagastos nito, at kung paano ito gagastusin, mawawalan ng kaugnayan ang mga bagay na ito sa sambahayan ng Diyos. Sa kabilang banda naman, kung inihandog nga sa Diyos ang pera mong ito, pero bago pa magkaroon ng pagkakataon ang iglesia na gamitin ito, ginastos na ito ng isang tao nang gayon, nilustay ito nang gayon, at wala ka man lang pakialam, hindi pinigilan ni iniulat ito, kung ganoon, may problema sa iyo, damay ka sa kasalanan nila, at kapag kinondena sila, hindi ka rin makakatakas.

3. Ipinahihiram ang mga Handog

Ang lahat ng may kinasasangkutanang arbitraryong paggamit ng mga handog, ang hindi wastong paggamit at paggasta ng mga handog, ay palaging may kinalaman sa mga atas administratibo, at may katangian ng paglabag sa mga ito. Mayroong ilan na, sa pamamahala ng pag-aari ng iglesia, ay maaaring magsabi na, “Ang pag-aari ng iglesia ay nandoon lamang. Sa mga panahong ito, ang mga bangko ay mayroong lahat ng uri ng mga programa sa pamumuhunan, tulad ng mga bond at mga pondo, lahat ay nagbibigay ng matataas na halaga ng interes. Kung kukunin natin ang pera mula sa iglesia at ipupuhunan ito, at kikita ng kaunting interes, hindi ba’t makapagbibigay ito ng pakinabang sa sambahayan ng diyos?” Kung gayon, nang hindi na ito tinatalakay, nang hindi kinukuha ang pagsang-ayon ng sinuman sa iglesia, nagpapasya sila mag-isa na ipahiram ang pera. Ano ang pakay ng paggawa noon? Para sabihin ito nang maayos, ito ay pagkita ng kaunting interes para sa sambahayan ng Diyos, na inaalala ang sambahayan ng Diyos; ngunit ang talagang katunayan, nagkikimkim ang mga taong ito ng makasariling motibo. Nais nilang ipahiram ang pera nang walang nakakaalam at pagkatapos, sa huli, ibabalik ang ipinuhunang halaga sa sambahayan ng Diyos habang itinatago ang interes para sa kanilang sarili. Hindi ba isang kaso ito ng pagtataglay ng hindi tapat na intensyon? Ito ay tinatawag na pagpapahiram ng mga handog. Maituturing bang tamang paggamit ng mga handog ang pagpapahiram ng mga ito? (Hindi maaari.) May iba pang nagsasabing, “Mahal ng diyos ang sangkatauhan, mapagmalasakit ang sambahayan ng diyos. Kung minsan, kapag ang mga kapatid natin ay kapos sa pera, hindi ba natin maaaring ipahiram sa kanila ang mga handog sa diyos?” Pagkatapos ay sinasarili ng ilang tao ang pagdedesisyon, at hinihikayat at inuudyukan pa ng ilang anticristo ang mga kapatid, sinasabi nila, “Mahal ng diyos ang sangkatauhan, nagbibigay

ng buhay ang diyos, ibinigay ang lahat sa tao, kaya't hindi magiging malaking bagay ang magpahiram ng pera, hindi ba? Ang pagpapahiram ng pera sa ating mga kapatid upang mairaos sila sa mga oras ng kagyat na pangangailangan, upang tulungan sila sa mga paghihirap sa kanilang buhay, hindi ba't iyon ang layunin ng diyos? Kung mahal ng diyos ang sangkatauhan, paanong ang mga tao ay hindi magmamahalan? Sige na, pahiramin ninyo sila ng pera!" Ang higit na nakararaming bilang ng mga taong mangmang, sa pagkarinig dito, ay nagsasabi, "Oo naman, basta't sinabi mo. Ano't anuman, ang pera ay pagmamay-ari ng lahat, kaya ituring na lang natin ito bilang pagtulong nating lahat sa isang tao." At kaya, dahil may isang taong naglilitanya ng mga ideyang matayog pakinggan at isang pangkat ng mga sipsip na nagpapalakas sa kanila, sa huli, nailalabas ang pera. Kaya, mabibilang ba ang pagsasabi mo na "ang perang ito ay inihandog sa Diyos"? Kung maibibilang ito, ang pera kung gayon ay pag-aari na ng Diyos at ngayon ay itinalaga na bilang banal, kung kaya nararapat lamang na gamitin ito alinsunod sa mga prinsipyong itinalaga ng Diyos. Kung hindi ito nabibilang, kung ang perang inihahandog mo ay hindi kabilang, kung gayon, anong uri ng kilos ang ginagawa mo sa paghahandog na ito? Paglalaro lang ba ito? Nakikipagbiruan ka ba sa Diyos at nililinlang mo ba Siya? Matapos ilagay sa dambana ang mga bagay na nais mong ihandog, nagsisimula kang mag-imbot sa mga ito, dahil inilagay roon ang mga bagay na iyon, pero hindi man lang ginagamit ng Diyos ang mga ito, at mukhang wala namang gamit ang mga ito sa Kanya. Kaya, kung kailangan mong gamitin ang mga ito, kinukuha mo ang mga ito at ginagamit para sa inyong sarili. O baka naghandog ka nang sobra at, dahil pagkatapos ay pinagsisisihan mo ito, binawi mo ang ilan dito. O hindi ka marahil nag-iisip nang malinaw nang naghandog ka, at ngayong natuklasan mo na ang gamit nito, binabawi mo na ito. Ano ang kalikasan ng pag-uugaling ito? Ang perang ito at ang mga bagay na ito: kapag inihandog na ito ng isang tao sa Diyos, katulad ito ng pag-aalay sa mga ito sa dambana, at ano ang mga bagay na naiharap na sa dambana? Mga handog ito. Kahit isang bato lang naman ito, o isang butil ng buhangin, tinapay na pinasingawan, o isang tasa ng tubig, basta't inilagay mo ito sa dambana, ang bagay na ito ay pag-aari ng Diyos, hindi sa tao, at wala nang tao ang maaaring humawak pa rito. Pinag-iimbutan mo man ito o hindi o sa tingin mo ay mayroon kang lehitimong gamit para dito, wala nang sinumang tao ang may karapatan dito. Mayroong ilang nagsasabi, "Hindi ba mahal ng diyos ang sangkatauhan? Ano ngayon kung hayaan niyang makibahagi ang sangkatauhan? Sa ngayon, hindi ka nauuhaw at hindi mo kailangan ng tubig, ngunit nauuhaw ako, kaya bakit hindi ako maaaring uminom?" Ngunit dapat mong malaman kung sumasang-ayon ba ang Diyos o hindi. Kung sumasang-ayon ang Diyos, pinatutunayan nitong binibigyan ka Niya ng karapatan at may karapatan kang gamitin ito; ngunit kung ang Diyos ay hindi sumasang-ayon, wala kang karapatang gamitin ito kung gayon. Sa isang sitwasyon kung saan wala kang karapatan, kung saan hindi ka binigyan ng Diyos ng karapatan, ang paggamit ng isang bagay na pag-aari ng Diyos ay paglabag sa isang malaking ipinagbabawal, na siyang karumal-dumal para sa Diyos sa

lahat. Palaging sinasabi ng mga tao na hindi nagpaparaya ang Diyos sa mga pagkakasala ng tao, ngunit hindi pa nila kailanman naintindihan kung ano talaga ang disposisyon ng Diyos, o alin sa mga bagay na ginagawa nila ang malamang na pinakasasalungat sa Kanyang disposisyon. Sa usapin ng mga handog sa Diyos, nasa isipan ito palagi ng maraming tao, nais gamitin o ilaan ang mga ito ayon sa kagustuhan nila, upang gamitin ang mga ito, ariin ang mga ito, o waldasin pa nga ang mga ito ayon sa kanilang sariling kalooban; ngunit sinasabi Ko sa iyo, katapusan mo na, kamatayan ang nararapat sa iyo! Gayon ang disposisyon ng Diyos. Hindi pinapayagan ng Diyos na galawin ng sinuman ang mga pag-aari Niya; gayon ang Kanyang dignidad. Mayroon lamang isang sitwasyon kung saan binibigyan ng karapatan ng Diyos ang mga tao na gamitin ang mga ito, at iyon ay ang wastong paggamit ng mga ito alinsunod sa mga regulasyon ng iglesia at mga prinsipyong namamahala sa paggamit ng mga ito. Ang pananatili sa loob ng mga hangganang ito ay katanggap-tanggap sa Diyos, ngunit ang paglabas sa mga hangganang ito ay magiging pagkakasala laban sa disposisyon ng Diyos, at isang paglabag sa mga atas administratibo. Ganoon ito kahigpit, walang iniwang lugar para sa negosasyon, at walang alternatibong paraan. Samakatwid, ang mga gumagawa ng mga gayong bagay tulad ng pagwawaldas, pagdidispalko, o pagpapahiram ng mga handog ay inilalarawan bilang mga anticristo sa paningin ng Diyos. Bakit sila itinatrato nang ganoon kalubha na inilalarawan sila bilang mga anticristo? Kung ang isang taong nananampalataya sa Diyos ay kayang maglakas-loob na hawakan, o gamitin, o sadyaing waldasin ang mga bagay na pag-aari ng Diyos at itinalaga bilang banal, kung gayon, anong klase siya ng tao? Ang gayong tao ay kaaway ng Diyos. Ang mga kaaway lamang ng Diyos ang magkakaroon ng gayong saloobin sa Kanyang mga pag-aari; walang ordinaryong taong tiwali ang gagawa nito, hayop man ay hindi gagawin ito, tanging ang mga kaaway ng Diyos, si Satanas, at ang malaking pulang dragon ang gagawa ng gayong bagay. Kalabisan ba ang pagsasabi nito? Hindi, ito ay isang katunayan at ganap na tumpak. Paanong mahahawakan ng kauri ni Satanas ang mga bagay na pagmamay-ari ng Diyos? Gayon ang dignidad ng Diyos!

4. Ginagamit Nang May Pandaraya ang mga Handog

May ilang tao na, gamit ang iba't ibang uri ng pagdadahilan, hinihingan ng pera at mga kagamitan ang pamilya ng Diyos, sinasabi nila, "Kulang ng isang silya ang aming iglesia, kaya ibili ninyo kami ng isang silya. Walang magamit na kompiyuter ang ilang kapatid sa aming iglesia para sa paggawa nila ng kanilang mga tungkulin, kaya ibili ninyo kami ng Mac. Madalas kaming kumontak ng mga tao kapag nasa gawain kami, at hindi puwedeng wala kaming telepono, kaya ibili ninyo kami ng iPhone. Pero hindi mabuti na magkaroon lang ng isang telepono, masyadong hindi maginhawa iyon, dahil iba't ibang tao ang kailangan naming kontakin minsan. At masyadong madaling manmanan ang iisang linya, kaya uubra lang ito kung magkakaroon kami ng maraming linya." Kaya, ang ilan sa mga taong ito ay may dalang apat o limang cellphone at may bitbit-bitbit na

dalawa o tatlong laptop nang sabay-sabay; lubhang kahanga-hanga ang kanilang hitsura, pero mababa naman ang kalidad ng kanilang paggawa ng gawain. Paano nila nakuha ang lahat ng bagay na ito? Nakuha nilang lahat ito sa pamamagitan ng pandaraya. Noon, napag-usapan natin ang tungkol sa isang hangal na babae, na isang tipikal na anticristo. Noong ipinapaayos ng sambahayan ng Diyos ang isang gusali ng iglesia, nakipagsanib-puwersa siya sa isang lalaki para gamitin nang may pandaraya ang pera ng iglesia, na nagdulot ng matinding kawalan sa sambahayan ng Diyos. Nang isagawa ng lalaking ito ang mga pagpapaayos, kinupitan niya ang pera sa paraang gaya rin ng maaaring gawin ng isang kontraktor na walang pananampalataya, mamahaling lahat ang binili niya at gumastos siya nang sobra-sobra. Nang mapansin ng ilang tao na may problema, tinulungan siya ng hangal na babaeng ito na pagtakpan at itago ito, at magkasama nilang dinaya ang sambahayan ng Diyos sa pera nito. Sa bandang huli, sila ay nahuli, at kapwa silang pinatalsik. Sa bagay na ito, hinanap nila ang sarili nilang pagkawasak, at sinira nila ang kanilang buhay. May nagawa ba ang kanilang paghagulgol? Yamang ganito ang kinalabasan ng mga bagay-bagay sa bandang huli, bakit ba sila kumilos nang ganoon sa simula pa lang? Bakit hindi pinag-isipan nang husto ng hangal na babaeng iyon ang mga bagay-bagay nang gamitin niya nang may pandaraya ang mga handog? Kalabisan ba na pinatalsik siya ng sambahayan ng Diyos at ipasauli sa kanya ang pera? (Hindi.) Tama lang sa kanya iyon! Hindi dapat kahabagan ang ganitong uri ng tao. Hindi sila dapat kaawaan. At ganito rin ang babaeng lider na napag-usapan natin dati. Palihim niyang kinuha ang malaking pera ng iglesia, at ipinahiram ito sa isang walang pananampalataya. Kalaunan, pinangasiwaan din siya. May ilan siguro na nag-iisip, “Hindi ba’t kaunting pera lang naman ang ipinahiram niya? Pabayaran na lang ito sa kanya at nang matapos na itong isyu. Bakit kailangan pang paalisin siya? Ibig sabihin niyon nagiging isang walang pananampalataya ang isang medyo mabuting tao sa isang iglap lang, at kailangan niyang lumabas para maghanapbuhay. Lubha naman siyang kaawa-awa!” Kaawa-awa ba ang taong ito? Bakit hindi mo na lang sabihing kasuklam-suklam siya? Bakit hindi mo tingnan ang mga bagay na ginawa niya? Sapat na ang mga nagawa niya para masuklam ka buong buhay mo, at heto ka at naaawa ka sa kanya! Ang mga naaawa sa kanya—anong uri sila ng tao? Mga hangal silang lahat at mga taong nagpapakita ng kabaitan sa kahit kanino lang.

5. Ninanakaw ang mga Handog

May isa pang huling pagpapamalas ng pagkontrol ng mga anticristo sa mga pananalapi ng iglesia, at iyon ay ang pagnanakaw sa mga handog. May ilang mangmang na tao na, kapag naghahandog sila, pinanghahawakan nila ang prinsipyong “huwag hayaang malaman ng kaliwang kamay kung ano ang ginagawa ng kanang kamay,” at pagkatapos, ang mga pondong inihahandog nila ay inilalagay nila sa mga kamay ng isang tao na ni hindi nila sigurado kung mapagkakatiwalaan ba. Sinasabi nila, “Malakilaking halaga ang inihahandog ko sa pagkakataong ito, kaya huwag hayaang may ibang

makaalam nito, at huwag mo itong itala sa account book. Ginagawa ko ito sa harapan ng Diyos at hindi sa harapan ng ibang tao. Basta't alam ng Diyos ang tungkol dito, ayos na iyon. Kung ipapaalam natin ito sa mga kapatid, baka sambahin nila ako. Kaya, para hindi nila ako hangaan nang husto, ginagawa ko ito nang palihim." Pagkaraang gawin ito, kontento sila sa kanilang sarili, iniisip na, "Naghandog ako nang may prinsipyo, pribado, at kalmado, nang hindi ito itinatala, at ginagawa ko ito nang walang sinumang kapatid ang nakakaalam." Pero ang mangmang na paraang ito ng paggawa ng mga bagay-bagay ay lumikha ng pagkakataong masamantala ng mga sakim na tao. Pagkabigay na pagkabigay sa handog, ang anticristong pinagbigyan nila nito ay pumunta sa bangko para ideposito ito, inaangkin ito. At sasabihin pa nga ng anticristo sa taong naghahandog, "Sa susunod na maghahandog ka, dapat mo itong gawin sa ganito ring paraan. Ang paggawa nito sa ganitong paraan ay tama at naaayon sa mga prinsipyo; dapat hindi kapansin-pansin ang isang tao kapag naghahandog. Sinabi na ng sambahayan ng diyos na huwag manawagan sa mga tao na maghahandog. Ibig sabihin nito, hinihiling nito na maging hindi kapansin-pansin ang mga tao, na huwag magsalita tungkol sa kanilang mga handog kahit matapos maibigay ang mga ito, ni huwag isiwalat ang halagang ibinigay, at lalong huwag nang sabihin kung kanino ibinigay ang mga ito." Kaya bang makilatis ng taong naghahandog ang mga tao? Bakit naman niya gagawin ang ganoon kahangal na hakbang? Nang walang kaalam-alam kung gaano maaaring maging kabuktot at kasama ang puso ng tao, inilalagay niya ang buong pagtitiwala niya sa taong ito, at sa bandang huli, nananakaw ang kanyang pera. Isa itong kaso kung saan binibigyan ng pagkakataon ng isang tao ang isang anticristo, binibigyan ito ng pagkakataong nakawin ang pera. Pero may kaso ba kung saan nagagawa pa ring nakawin ng isang anticristo ang pera kahit hindi ito nabibigyan ng pagkakataon? May mga kaso ba kung saan habang iniingatan ng isang tao ang mga account, sadyang itinatala niya ang maling halaga o nagtatala siya ng mas mababang halaga, at palihim na kinukuha ang pera, nang paunti-unti, kapag hindi nakatingin ang mga tao? May ilang tao na ganito. Ang mga gayong tao ay sakim sa kayamanan, may karakter na mababa at mapaminsala, at may kapabilidad silang gawin ang kahit ano hangga't may oportunidad sila. May kasabihan, "Pinapaboran ng oportunidad ang mga nakahanda." Ang mga taong hindi sakim ay hindi pinapansin ang mga ganitong bagay, pero lagi naman itong iniintindi ng mga taong sakim. Lagi silang nag-iisip ng pagbubuo ng mga lihim na plano at ang paghahanap ng mga pagkakataong masasamantala pagdating sa pera, iniisip kung paano sila makakapanamantala at kung paano nila magagastos nang palihim ang pera.

May isang hangal na babae. Isang araw habang kinakausap Ko siya, nabanggit Ko ang kagustuhan ng iglesia na maimprenta ang ilang aklat, at tinanong Ko siya kung may alam ba siya sa pag-iimprenta. Isang tambak ng teorya ang isinagot niya at pagkatapos ay sinundan niya kaagad ito sa pagsasabing, "Karaniwan nang nagbibigay ng komisyon ang mga taga-imprenta kapag nag-iimprenta sila ng mga aklat. Kung ipapagawa natin ito sa isang walang pananampalataya, siguradong may dayaang magaganap, at tiyak

na lihim silang kikita nang husto.” Habang nagsasalita siya, nagsimula na siyang ngumiti sa tuwa. Nagningning ang kanyang mga mata, tumaas sa kanyang noo ang kanyang mga kilay, at namula ang kanyang mga pisngi, at sumaya at nanabik siya. Naisip Ko, “Kung kaya mong asikasuhin ang gawaing ito ng pag-iimprenta, akuin mo na ito, at gaano man karami ang alam mo tungkol dito, sabihin mo na lang sa Akin kung ano ang alam mo. Ano ba ang labis na ikinasasabik mo?” Pero nang pag-isipan Ko itong mabuti, napagtanto Ko na ito: May kikitain siya rito. Wala man lang siyang pakialam tungkol sa kung paano dapat gawin ang pag-iimprenta, kung aling mga aklat ang dapat maimprenta, kung ano ang magiging kalidad nito, o kung paano maghanap ng bahay-imprenta—ang tanging iniisip niya ay ang porsyentong ibubulsa niya. Wala pa ngang nagagawa, pero nagsasalita na siya kaagad tungkol sa pagkuha ng porsyento. Naisip Ko, “Nabaliw ka na siguro dahil sa kahirapan. Paanong umaasa kang makakakuha ka ng porsyento mula sa pag-iimprenta ng mga aklat para sa sambahayan ng Diyos? Kapag nagpapamahagi ng mga aklat, hindi kumikita kahit isang kusing ang sambahayan ng Diyos, ipinamimigay nang libre ang lahat ng aklat, at gusto mo pang magkaporsyento?” Hindi ba’t naghahanap ng kamatayan ang babaeng ito? Bago pa man pumayag ang sambahayan ng Diyos na akuin niya ang trabahong ito, noong nagtatanung-tanong pa lang Ako, nagsasalita na kaagad siya tungkol sa ibubulsa niya. Kung napasakamay nga niya ang trabaho, hindi siya titigil sa pagkuha lamang ng porsyento, at maaaring itakbo pa niya ang lahat ng pera—gaano man kalaking halaga ang ibigay mo sa kanya, ganoon din kalaking halaga ang dadayain niya sa iyo, ganoon kalaki ang halagang nanakawin niya. Pagmamalabis ba ang ipinapahayag Ko? Malaking problema talaga ang hangal na babaeng ito, hindi ba? Kung Ako ang tatanungin mo, isa siyang bandido at isang sanggano na malakas ang loob na manguha ng anumang pera na kaya niya. Isantabi na muna natin pansamantala ang pagtatanong kung sang-ayon ba ang Diyos sa bagay na ito, at tanungin na lamang ang mga kapatid kung pinapangasiwaan ba niya ito nang may malasakit, kung kaya ba nilang tanggapin ang paraan ng kanyang pangangasiwa rito, at kung mapapatawad ba siya ng mga hinirang ng Diyos.

At may ilang tao na kasuklam-suklam na nakakaasiwa na silang banggitin pa. Kapag tumatanggap sila ng trabaho para sa sambahayan ng Diyos, nakikipagsabwatan sila sa mga walang pananampalataya para pataasin ang presyo, para pagbayarin ang sambahayan ng Diyos ng labis-labis na halaga dahilan para malugi ito. Kung sasabihin mong hindi ka kumbinsido o na hindi mo sasang-ayunan ang kanilang mungkahi, mababalisa sila, at susubukan nila ito, iyon, at ang iba para hikayatin ka o pigilan ka, at makuha ang pera mula sa iglesia. Kapag nabayaran na ang mga walang pananampalataya, at nakinabang na sila, at gumanda na rin ang kanilang reputasyon, tuwang-tuwa sila na para bang nanalo sila sa lotto. Ito ay pagpanig sa mga tagalabas, pagwawaldas ng mga handog, at hindi kailanman pagsisikap na makuha ang katiting mang pakinabang para sa sambahayan ng Diyos. Bakit ba tinanggal ang mga hangal na babaeng iyon na nangasiwa sa pag-iimprenta ng mga aklat? Dahil nilugi nila ang

sambahayan ng Diyos, at kumilos sila nang padalus-dalos. Nang makipagnegosasyon sila sa mga walang pananampalataya, pilit nilang pinabababa ang presyo sa abot ng kanilang makakaya, hanggang sa puntong mas mababa pa ito kaysa sa gastos ng produksiyon, hanggang sa puntong kasuklam-suklam na ito at ayaw na ng mga walang pananampalataya na makipagtransaksiyon sa kanila. Sa bandang huli, nag-aatubiling sumang-ayon ang mga walang pananampalataya, pero nakompromiso nang husto ang kalidad nito. Sabihin ninyo sa Akin, may kahit isang tao ba na papayag na magnegosyo nang palugi? Kailangang mabuhay ng mga tao sa mundong ito, at sa pagnenegosyo ay kailangan nilang kumita ng sapat na pera para mabayaran ang kanilang mga pang-araw-araw na gastusin at ang pasahod sa mga trabahador bukod pa sa gastos sa produksiyon. Hindi hinayaan ng mga babaeng ito na kumita ng anumang pera ang mga walang pananampalatayang ito, nakikipagtawaran sa hindi makatwirang paraan at pilit na pinabababa ang presyo sa abot ng kanilang makakaya, habang iniisip na nakapagtitipid sila para sa sambahayan ng Diyos, at ano ang kinalabasan nito? Tinipid masyado ng kabilang panig ang kalidad ng trabaho at ang pagkakabigkis ng aklat. Kung hindi nila babawiin ang kakulangan dito, hindi ba't malulugi sila? Kung kinailangan nilang malugi, ginawa kaya nila ang trabaho? Makakapayag ba silang makalamang ang mga babaeng iyon? Hindi, imposible iyon. Kung papayagan nilang makalamang ang mga babaeng iyon, kung gayon, hindi pagnenegosyo ang ginagawa nila, kundi pagkakawanggawa. Hindi ito makilatis ng mga hangal na babaeng iyon, pinangasiwaan nila ang gampanin para sa sambahayan ng Diyos sa ganitong paraan, at ginulo nang husto ang mga bagay-bagay. Sa huli, puno pa rin sila ng mga pagdadahilan, sinasabi nila: "Iniisip ko ang kapakanan ng sambahayan ng Diyos. Nagtitipid ako para sa sambahayan ng Diyos. Ang isang kusing na natipid ay isang kusing na naipon, at ang dalawang kusing na natipid ay nangangahulugang kumita ng isang kusing!" Walang katuturan ang pinagsasasabi nila! Alam ba nila kung ano ang ibig sabihin ng mga regulasyon sa industriya? Alam ba nila kung ano ang ibig sabihin ng mga matatag na nakagawian at pagiging makatwiran? Kaya't ano ang naging huling resulta? Napakababa ng kalidad ng ilan sa mga aklat, nagsimula nang matanggal ang mga pahina matapos ang ilang beses lang na paglilipat ng pahina, at nababaklas na ang buong aklat, kaya imposible na itong mabasa, kaya wala nang ibang paraan kundi ang muling ipa-imprenta ang lahat. Nakatipid ba ng pera dito, o mas lumaki pa ang gastos? (Mas lumaki pa ang gastos.) Ito ang kapalpakang idinulot ng mga hangal na babaeng iyon.

Ang katunayan ng paraan ng pagturing ng mga anticristo sa mga handog ay ganap na walang prinsipyo at pagkatao, at hindi maikakailang katibayan ng kanilang buktot at malupit na disposisyon. Batay sa kanilang pagturing sa mga handog at sa lahat ng bagay na sa Diyos, tunay ngang lumalaban sa Diyos ang disposisyon ng isang anticristo. Tinitingnan nila nang may matinding paghamak ang mga handog na pagmamay-ari ng Diyos, pinaglalaruan at tinatrato ang mga ito sa anumang paraan na gusto nila, hindi nagpapakita ng kahit katiting na respeto, at walang anumang limitasyon. Kung ganito

nila tinatrato ang mga bagay na pagmamay-ari ng Diyos, paano nila tinatrato ang Diyos Mismo? O ang mga salitang sinabi Niya? Maliwanag naman ang sagot. Ito ay ang kalikasang diwa ng isang anticristo, isang diwa ng anticristo na napangingibabawan ng kabuktutan at kalupitan; tunay nga itong isang anticristo. Tandaan mo ito: Pagdating sa isang taong may kapabilidad na waldasin, dispalkuhin, ipahiram, gamitin nang may pandaraya, o nakawin ang mga handog, hindi na kailangang obserbahan pa ang iba pang mga pagpapamalas. Hangga't nakikita ang kahit isa sa mga categoryang ito, sapat na iyon para mailarawan bilang isang anticristo ang taong ito. Hindi mo na kailangang magtanung-tanong o mag-imbetiga, lalong hindi na kailangang suriin pa siya, para makita kung ganito siyang uri ng tao, at kung may kapabilidad kaya siyang gawin ang mga ganitong uri ng bagay sa hinaharap. Basta't pasok siya sa kahit isa man lang sa mga categoryang ito, nakatakda na siyang maging isang anticristo, na maging kaaway ng Diyos. Tingnan ninyo, kayong lahat: Lider man ito na inihalal na ninyo, o isang lider na napagdesisyunan ninyong ihalal, o isa sa mga taong iniisip ninyong mahusay-husay, sinumang nagpapakita ng ganitong uri ng asal, o ng ganitong uri ng tendensiya, ay hindi makakatakas sa pagiging isang anticristo.

May natutuhan ba kayong anumang aral mula sa mga bagay na ibinahagi Ko ngayon? Nagkamit ba kayo ng pagkaunawa ukol sa isang katotohanan? Hindi kayo makapagsalita nang malinaw tungkol dito, kaya sasabihin Ko sa inyo kung anong uri ng aral ang dapat ninyong matutuhan. Hindi mo dapat pagplanuhan nang masama ang mga bagay na inihahandog ng mga tao sa Diyos. Kahit ano pa ang mga bagay na ito, may halaga man ang mga ito o wala, may gamit ka man sa mga ito o wala, mahahalaga man ang mga ito o hindi—hindi mo dapat pagplanuhan nang masama ang mga ito. Lumabas ka at kumita ng pera kung may abilidad ka—kumita kahit gaano karaming pera ang gusto mo, walang makikialam dito, pero huwag na huwag mong pagpaplanuhan nang masama ang mga handog na para sa Diyos. Ang pagbabantay na ito ay isang bagay na dapat magkaroon kayo; ang pagkamakatwirang ito ay isang bagay na dapat magkaroon kayo. Isang aral ang nasa itaas. Ang isa pang aral ay na ang sinumang nagwawaldas, nagdidispalko, nagpapahiram, gumagamit nang may pandaraya, at nagnanakaw ng mga handog ay dapat ituring na kauri ni Hudas. Ang mga taong nagsagawa na ng mga ganitong kilos at pagsasagawa ay sinalungat na ang disposisyon ng Diyos, at hindi sila ililigtas ng Diyos. Hindi mo dapat ikonsidera ang anumang pananaginip nang gising tungkol sa usaping ito. Ipinaliwanag Ko ito nang ganito at tutuparin ng Diyos ang mga bagay na ito. Naitakda na ito, at wala nang pag-uusapan pa. Sasabihin ng ilang tao: “May konteksto sa pagdidispalko ko: Bata pa ako at mangmang nang walang-ingat kong gastusin ang perang iyon, pero hindi ko mapanlinlang na kinuhaan ng malaking pera ang sambahayan ng diyos, nagnakaw lang ako ng 20 hanggang 30, o 30 o 50 RMB.” Pero hindi ito tungkol sa halaga; ang problema ay na kapag ginagawa mo ito, ang puntirya ng mga kilos mo ay ang Diyos. Ginalaw mo ang mga bagay na pagmamay-ari ng Diyos, at hindi katanggap-tanggap na gawin iyon. Ang mga bagay na pagmamay-ari

ng Diyos ay hindi pag-aaring panlahat, hindi pagmamay-ari ng lahat ang mga ito, hindi pagmamay-ari ng iglesia ang mga ito, hindi pagmamay-ari ng sambahayan ng Diyos ang mga ito: Sa Diyos ang mga ito, at hindi ka dapat malito sa mga konseptong ito. Hindi iniisip ng Diyos, ni hindi sinabi ng Diyos sa iyo na, “Ang mga gamit Ko at handog sa Akin ay pagmamay-ari ng iglesia, at dapat ilaan ng iglesia ang mga ito,” lalo namang hindi Niya sinabi na, “Ang lahat ng handog sa Akin ay pagmamay-ari ng iglesia, ng sambahayan ng Diyos, at nasa pangangasiwa ng mga kapatid, at sinumang may gustong gumamit sa mga ito ay kailangan lamang na iulat ito.” Walang sinabing ganoon ang Diyos, hindi Niya ito kailanman sinabi. Kung gayon, ano ang sinabi ng Diyos? Ang isang bagay na inihandog sa Diyos ay pagmamay-ari ng Diyos, at kapag naialay na ang bagay na ito sa dambana, sa Diyos na ito magpakailanman, at walang karapatan o kapangyarihan ang sinumang tao na gamitin ito nang walang pahintulot. Ang pagpapalano nang masama sa mga handog, at ang pagdidispalko, paggamit nang may pandaraya, pagnanakaw, pagpapahiram, at pagwawaldas sa mga ito—kinokondena ang lahat ng kilos na ito bilang pagkakasala laban sa disposisyon ng Diyos, bilang mga kilos ng mga anticristo, at katumbas ng kasalanang paglapastangan laban sa Banal na Espiritu, na dahil dito ay hindi ka kailanman patatawarin ng Diyos. Gayon ang dignidad ng Diyos, at hindi ito dapat maliitin ng mga tao. Kapag nang-uumit o nagnanakaw ka sa ibang tao, maaari kang sentensiyahan ng isa hanggang dalawang taon, o di kaya ay tatlo hanggang limang taon ayon sa batas, at kapag nakulong ka na ng tatlo hanggang limang taon, mapapawalang-sala ka na sa anumang krimen. Pero kapag kinuha at ginamit mo ang mga gamit ng Diyos, ang mga handog sa Diyos, isa itong kasalanan na permanente sa paningin ng Diyos, isang kasalanang hindi mapapatawad. Nasabi Ko na ang mga salitang ito sa iyo, at sinumang sumalungat sa mga ito ay kailangang panagutan ang magiging kahihinatnan. Pagdating ng panahon, huwag na huwag kang magrereklamo na hindi kita sinabihan. Ipinaliwanag Ko nang malinaw ang Aking mga salita sa iyo ngayon dito, minamartilyo ang mga ito sa puwesto gaya ng mga pako sa isang tabla, at ito ang bagay na mangyayari. Ikaw ang bahala kung paniniwalaan mo ito o hindi. May mga nagsasabing hindi sila takot. Aba, kung hindi ka takot, antabayanan at tingnan mo kung ano ang mga mangyayari. Huwag mo nang hintaying maparusahan ka, dahil kapag dumating na sa puntong iyon ay magiging huli na ang lahat para umiyak ka pa, magngalit ng iyong mga ngipin, at hampasin ang iyong dibdib.

Oktubre 24, 2020

Ikalabing-apat na Aytem: Tinatrato Nila ang Sambahayan ng Diyos na Parang Sarili Nilang Personal na Teritoryo

Sa nakaraang pagtitipon, nagbahagi tayo tungkol sa katunayan na, bukod sa pagkontrol sa puso ng mga tao, kinokontrol din ng mga anticristo ang pananalapi ng iglesia. Ano ang mga pangunahing puntong pinagbahaginan natin? (Nagbahagi tayo tungkol sa dalawang pangunahing punto: Ang unang punto ay ang pag-uuna sa kanilang pag-angkin at paggamit sa pag-aari ng iglesia, habang ang pangalawang punto ay ang pagwawaldas, pagdidispalko, pagpapahiram, paggamit nang may pandaraya, at pagnanakaw ng mga handog.) Nagbahagi tayo tungkol sa dalawang pangunahing puntong ito. Ngayon magbabahagi tayo tungkol sa ikalabing-apat na aytem ng iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo: Tinatrato nila ang sambahayan ng Diyos na parang sarili nilang personal na teritoryo. Tingnan natin sa aytem na ito kung anong mga pagpapamalas ang taglay ng mga anticristo na nagpapatunay na may diwa nga sila ng isang anticristo. Tinatrato nila ang sambahayan ng Diyos na parang sarili nilang personal na teritoryo: Sa panlabas, walang ibinibigay na indikasyon ang dalawang terminong ito—“sambahayan ng Diyos” at “personal na teritoryo”—kung anong kasamaan ang kayang gawin ng mga anticristo. Ang sabihing “tinatrato ng mga anticristo na parang sarili nilang tahanan ang sambahayan ng Diyos” ay walang ibinibigay na panlabas na indikasyon kung ano talaga ang tinutukoy ng “tahanan” na ito, kung positibo o negatibo ba ito, o kung ginagamit ba ito bilang papuri o panlalait. Pero ang pagpapalit ba ng “tahanan” sa “personal na teritoryo” ay nagpapahiwatig na mayroong ilang problema? Una sa lahat, ano ang sinasabi sa atin ng “personal na teritoryo”? (Gusto ng mga anticristo na sila ang may huling salita.) Ano pa? (Tinatrato nila ang sambahayan ng Diyos bilang sarili nilang sakop ng impluwensiya, lumilinang ng mga galamay at mga tao mula sa sarili nilang sambahayan, at pagkatapos ay nagkakaroon ng kontrol sa iglesia.) Isa rin itong pagpapamalas ng mga anticristo. May iba pa ba? Ipinapahiwatig ba ng mababaw na kahulugan ng katagang ito na sakop ito ng impluwensiya ng mga anticristo, na dito ang mga anticristo ay may kapangyarihan at may lubos na kapangyarihan, ang lugar kung saan kontrolado, monopolisado, at pinipigilan ng mga anticristo ang lahat, at ang lugar kung saan ang mga anticristo ang nasusunod? (Oo.) Mahihiwatigan natin ang ganoong kahulugan sa katagang ito; dahil noong tinatalakay ang iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo, nagbahagi tayo nang marami tungkol sa paghihimay at paglalantad sa diwa ng mga anticristo. Pangunahin sa mga pagpapamalas na ito ang mga pagtatangka ng mga anticristo na kontrolin ang mga tao at humawak ng kapangyarihan—pero siyempre mayroon ding iba't iba pang pagpapamalas.

Kaya ngayong nagbahaginan na tayo sa pangkalahatang kahulugan ng paggamit ng mga anticristo ng “personal na teritoryo,” pagbahaginan naman natin kung ano talaga ang ibig sabihin ng “sambahayan ng Diyos.” May konsepto ba kayo ng kung ano ang

sambahayan ng Diyos—makakapagbigay ba kayo ng tumpak na depinisyon nito? Isang grupo ng mga kapatid na magkakasamang nagkakatipon—ito ba ang sambahayan ng Diyos? Itinuturing bang sambahayan ng Diyos ang isang pagtitipon o kapulungan ng mga taong sumusunod kay Cristo at sa Diyos? Itinuturing bang sambahayan ng Diyos ang isang pagtitipon na kinabibilangan ng mga lider sa iglesia, diyakono at iba't ibang lider ng pangkat? (Hindi.) Ano nga ba talaga ang sambahayan ng Diyos? (Tanging ang iglesia kung saan naghahari si Cristo ang sambahayan ng Diyos.) (Tanging ang isang pagtitipon ng mga tao na sumusunod sa mga salita ng Diyos bilang mga prinsipyo nila ng pagsasagawa ang maituturing na sambahayan ng Diyos.) Tumpak ba ang dalawang depinisyon ng ito? Hindi ninyo ito kayang ipaliwanag. Sa kabila ng lahat ng sermong narinig ninyo, hindi kayo makapagbigay ng ganoon kasimpleng depinisyon. Maliwanag, hindi ninyo ugaling seryosohin at bigyan ng nararapat na pagbubulay-bulay ang mga espirituwal na termino at bokabularyong ito. Napakapabaya ninyo! Kaya pag-isipan ninyo itong mabuti: Ano nga ba talaga ang sambahayan ng Diyos? Kung bibigyan ito ng teoretikal na depinisyon, ang sambahayan ng Diyos ay isang lugar kung saan ang katotohanan ang naghahari, isang kapulungan ng mga tao na ang mga prinsipyo ng pagsasagawa ay ang mga salita ng Diyos. Kung ganoon, ang pagtrato ng mga anticristo sa sambahayan ng Diyos bilang personal nilang teritoryo ay isang problema; tinatrato nilang sarili nilang personal na sakop ng impluwensiya ang pagtitipon ng mga kapatid na sumusunod sa Diyos, bilang lugar kung saan gumagamit sila ng kapangyarihan at bilang mga tao na pinaggagamitan nila ng kapangyarihan. Ito ang literal na kahulugan na matutukoy mula sa ginagawang pagtrato ng mga anticristo sa sambahayan ng Diyos bilang personal nilang teritoryo. Saanmang anggulo pa ninyo ito ipaliwanag o tingnan, ang ginagawang pagtrato ng mga anticristo sa sambahayan ng Diyos bilang personal nilang teritoryo ay nagpapakita ng kalikasang diwa nila na sumusubok na iligaw at kontrolin ang mga tao at humawak ng lubos na kapangyarihan. Ang sambahayan ng Diyos ang lugar kung saan gumagawa at nagsasalita ang Diyos, kung saan inililigtas ng Diyos ang mga tao, kung saan nararanasan ng mga hinirang ng Diyos ang gawain ng Diyos, nadadalisay, at nakakamtan ang kaligtasan, kung saan magagawang isakatuparan ang kalooban at mga layunin ng Diyos nang walang hadlang, at kung saan maipapatupad at makakamit ang plano ng pamamahala ng Diyos. Sa kabuuan, ang sambahayan ng Diyos ay ang lugar kung saan may hawak na kapangyarihan ang Diyos, kung saan ang mga salita ng Diyos at ang katotohanan ang siyang naghahari; hindi ito ang lugar kung saan ang sinumang indibidwal ay gumagamit ng kapangyarihan at nagsasagawa ng sarili niyang proyekto para makamit ang sarili niyang mga pagnanais o engrandeng plano. Gayumpaman, ang ginagawa ng mga anticristo ay talagang sumasalungat sa kung ano ang gusto ng Diyos: Hindi nila pinapansin at binabalewala nila kung ano ang gustong gawin ng Diyos, wala silang pakialam kung magbunga man sa mga tao ang mga salita ng Diyos, o kung kaya bang maunawaan, maisagawa, at maranasan ng mga tao ang mga salita ng Diyos at ang mga katotohanang prinsipyo; nagpapakita lang sila

ng konsiderasyon sa kung may katayuan, kapangyarihan, at huling salita ba sila; kung matutupad ba ang mga intensyon, ideya, at pagnanais nila sa mga tao. Ibig sabihin, sa loob ng kanilang sakop ng impluwensiya, kung gaano karaming tao ang nakikinig sa mga salita nila at sumusunod sa kanila, at kung anong uri ng imahe, reputasyon, at awtoridad ang mayroon sila—ito mismo ang mga pangunahing bagay na sinusubukan nilang pamahalaan, at ang mga ito ang mga bagay na pinahahalagahan nila nang husto sa kanilang puso. Nagsasalita at gumagawa ang Diyos sa piling ng tao, inililigtas Niya ang mga tao, inaakay ang mga tao, at tinutustusan ang mga tao, ginagabayan Niya ang paglapit nila sa harapan ng Diyos, sa pag-unawa sa Kanyang mga layunin, sa hakbang-hakbang nilang pagpasok sa katotohanang realidad, at unti-unting pagkakamit ng pagpapasakop sa Diyos. Ang lahat ng ginagawa ng mga anticristo ay talagang salungat dito. Inaakay ng Diyos ang mga tao sa paglapit sa harapan ng Diyos, pero nakikipag-agawan ang mga anticristo sa Diyos para sa mga taong ito, at sinusubukang dalhin ang mga ito sa kanilang harapan. Ginagabayan ng Diyos ang mga tao sa pagpasok sa katotohanang realidad, sa pag-unawa sa mga layunin ng Diyos, at sa pagpapasakop sa kapamahalaan ng Diyos nang hakbang-hakbang; sinusubukan ng mga anticristong kontrolin ang mga tao nang hakbang-hakbang, panghawakan ang mga galaw ng mga ito, at matatag na dalhin ang mga ito sa sarili nilang kapangyarihan. Bilang buod, ang lahat ng ginagawa ng mga anticristo ay para gawing mga tagasunod nila ang mga tagasunod ng Diyos; matapos nilang makuha ang loob at ilagay sa ilalim ng kapangyarihan nila ang mga taong magulo ang isip na hindi naghahangad sa katotohanan, nagpapatuloy pa sila at sinusubukan ang bawat paraan para mapasailalim sa kapangyarihan nila ang mga nakakasunod sa Diyos at tapat na nakakagawa ng tungkulin ng mga ito, para makinig sa sinasabi nila ang lahat ng nasa iglesia, at para mamuhay ang mga ito, kumilos, umasal, at gumawa ng lahat ng bagay ayon sa kagustuhan ng mga anticristo, nang sa gayon ay mauwi ang mga ito na sinusunod ang lahat ng sinasabi ng mga anticristo, sinusunod ang mga kagustuhan nila, at sinusunod ang mga hinihingi nila. Ibig sabihin, anuman ang gustong gawin ng Diyos, anumang epekto ang gustong makamit ng Diyos, iyon din ang resultang gustong makamit ng mga anticristo. Ang resultang gusto nilang makamit ay hindi para lumapit ang mga tao sa harapan ng Diyos at sambahin ang Diyos, kundi ang lumapit sa kanila, at sambahin sila. Sa kabuuan, kapag nagkaroon ng kapangyarihan ang mga anticristo, susubukan nilang kontrolin ang bawat tao at bagay sa loob ng sakop ng impluwensiya nila, susubukan nilang kontrolin ang kahit na anong teritoryong kaya nila, susubukan nilang gawing sakop nila ang iglesia, ang sambahayan ng Diyos, at ang mga sumusunod sa Diyos kung saan magagamit nila ang kanilang kapangyarihan at magagawa nilang maghari-harian. Ibig sabihin, inaakay ng Diyos ang mga tao patungo sa harapan Niya, samantalang inililigaw ng mga anticristo ang mga tao at gusto ring akayin ang mga taong iyon patungo sa harapan nila. Ang pakay ng mga anticristo sa paggawa ng lahat ng ito ay para gawing mga tagasunod nila ang mga tagasunod ng Diyos, para gawing sarili nilang sambahayan ang sambahayan ng Diyos

at ang iglesia. Dahil taglay ng mga anticristo ang mga motibasyon at ang diwang ito, anong mga partikular na pagpapamalas at pag-uugali ang mayroon sila na nagpapahiwatig na mga anticristo nga ang mga anticristong ito, na mga kaaway sila ng Diyos, na mga demonyo at mga Satanas sila na mapanlaban sa Diyos at sa katotohanan? Kasunod, kongkreto nating hihimayin kung anong uri ng mga tiyak na pagpapamalas at pamamaraan mayroon ang mga anticristo na nagpapatunay na tinatrato nila ang sambahayan ng Diyos na parang sarili nilang personal na teritoryo.

I. Minomonopolisa ng mga Anticristo ang Kapangyarihan

Ang unang pagpapamalas kung paano tinatrato ng mga anticristo ang sambahayan ng Diyos na parang sarili nilang personal na teritoryo ay isang bagay na madalas na nating pagbahaginan, at isa itong esensiyal na pagpapamalas na natatangi sa mga anticristo: Gustong-gusto ng mga anticristo ang katayuan higit sa anumang bagay. Bakit pinakagusto nila sa lahat ang katayuan? Ano ba ang nirerepresenta ng katayuan? (Kapangyarihan.) Tama iyan—susi ito. Sa pamamagitan lang ng katayuan sila magkakaroon ng kapangyarihan, at kapag may kapangyarihan ay saka lang nila madaling magagawa ang mga bagay-bagay; kapag may kapangyarihan lang sila makakaasang matutupad at magkakatotoo ang iba't iba nilang pagnanais, ambisyon, at pakay. Kaya, napakatuso ng mga anticristo, napakalinaw ng tingin nila sa ganitong mga bagay; kung gagawin nilang personal na teritoryo ang sambahayan ng Diyos, dapat monopolisahin muna nila ang kapangyarihan. Isa itong prominenteng pagpapamalas. Sa mga anticristong nakasalamuha, nabalitaan, o nasaksihan ninyo ng sarili ninyong mga mata, sino sa kanila ang hindi nagtangkang magmonopolisa ng kapangyarihan? Kahit ano pang mga pamamaraan ang gamitin nila, sa pamamagitan man ng pagiging madulas at tuso, sa pamamagitan man ng pagiging kalmado at mabait sa panlabas, o sa paggamit ng mas malulupit at partikular na mga walang-dangal na pamamaraan, o sa pamamagitan ng karahasan, iisa lang ang pakay ng mga anticristo: Ang magtaglay ng katayuan at pagkatapos ay magkaroon ng kapangyarihan. Kaya, ang unang bagay na gusto Kong ibahagi ay na bago ang lahat, sinusubukan ng mga anticristo na monopolisahin ang kapangyarihan. Higit pa sa pagnanais ng mga normal na tao ang pagnanais ng mga anticristo para sa kapangyarihan, hinihigitan nito ang sa mga ordinaryong taong may tiwaling disposisyon. Gusto lang ng mga ordinaryong taong may tiwaling disposisyon na maging mataas ang tingin ng iba sa kanila, na magkaroon ng magandang tingin sa kanila ang iba; gusto nilang makalamang sila kapag nagsasalita sila, pero hindi sila masyadong nasasaktan kung wala silang kapangyarihan at hindi sila sinasamba ng mga tao; ayos lang sa kanila kung mayroon man sila nito o wala; mayroon silang kaunting pagkahilig at paghahangad para sa kapangyarihan, pero hindi sa antas na katulad ng sa mga anticristo. At anong antas iyon? Kapag wala silang kapangyarihan, palagi silang balisa, wala silang kapayapaan, nahihirapan sila dahil hindi sila nakakakain at nakakatulog nang mabuti, tila pagkabagot at walang kapahingahan ang dala ng bawat

araw, at sa puso nila, pakiramdam nila ay para bang may bagay na nabibigo silang makamit, at saka, para bang may bagay na nawala sa kanila. Masaya ang mga ordinaryong tiwaling tao na magkaroon ng kapangyarihan, pero hindi naman sila labis na nababagabag kapag wala iyon; posibleng makaramdam sila ng kaunting pagkadismaya, pero kontento rin naman silang maging ordinaryong tao. Kung kailangang maging ordinaryo ang mga anticristo, hindi nila makakayanan, hindi sila makapagpapatuloy, na para bang nawalan na ng direksiyon at saysay ang buhay nila, hindi nila alam kung paano patuloy na tatahakin ang daan—ang buhay—na nasa harapan nila. Nararamdaman lang nilang puno ng liwanag ang buhay nila kapag may katayuan sila, nagiging maluwalhati, payapa, at masaya lang ito kapag may katayuan at kapangyarihan sila. Hindi ba't iba ito sa mga normal na tao? Sa sandaling may katayuan na sila, nagiging kakaiba ang kasabikan ng mga anticristo. Nakikita ito ng iba at naiisip: Bakit iba sila kaysa noon? Bakit sobrang nagliliwanag at nagniningning sila? Bakit napakasaya nila? Kapag nagtatanong-tanong ka, ito ay dahil may katayuan sila; may kapangyarihan sila; sila ang may huling salita; kaya nilang manduhan ang mga tao; kaya nilang gumamit ng kapangyarihan; may katanyagan sila; at may mga tagasunod sila. Kapag may katayuan at kapangyarihan sila, may nagbabago sa mental na pananaw ng mga anticristo.

Ipinapahiwatig ng pagnanais ng mga anticristo na magkaroon ng kapangyarihan na hindi pangkaraniwan ang diwa nila; hindi ito isang karaniwang tiwaling disposisyon. Kaya naman, kahit sino pa ang kasama nila, susubukan ng mga anticristo na makahanap ng paraan para mamukod-tangi, para magpakitang-gilas, para ibandera ang kanilang sarili, para makita ng lahat ang mga merito at kabutihan nila at mapansin sila, at para makakuha sila ng posisyon sa iglesia. Kapag ginaganap ang mga halalan sa iglesia, pakiramdam ng mga anticristo ay dumating na ang oportunidad nila: Ang pagkakataong ibandera ang sarili nila, gawing totoo ang mga kahilingan nila, at tuparin ang mga ninanais nila, ay narito na. Ginagawa nila ang lahat ng makakaya nila para mahalal silang lider, ginagawa nila ang lahat ng makakaya nila para magkaroon ng kapangyarihan, naniniwalang magiging mas madali para sa kanilang maisakatuparan ang mga bagay-bagay kapag nagtamo sila ng kapangyarihan. Bakit magiging mas madali ito? Kapag walang kapangyarihan ang mga anticristo, posibleng hindi mo madiskubre ang mga ambisyon, pagnanais, at diwa nila mula sa panlabas nilang kaanyuan, dahil itinatago nila ang mga ito, at nagkukunwari sila, para hindi mo makilatis ang mga ito. Pero ano ang kauna-unahang ginagawa nila sa sandaling magkamit na sila ng katayuan at magkaroon ng kapangyarihan? Sinusubukan nilang patatagin ang katayuan nila, palawakin at patibayin ang kapangyarihang hawak nila. At anong mga pamamaraan ang ginagamit nila para patibayin ang kapangyarihan nila at patatagin ang katayuan nila? Maraming pamamaraan ang mga anticristo; hindi nila palalampasin ang ganoong oportunidad, hindi sila walang gagawin kapag nakuha na nila ang kapangyarihan. Para sa kanila, panahon ng matinding kaligayahan ang pagdating ng ganoong uri ng oportunidad—pati na kapag ginagamit nila ang katusuhan nila, at ginagamit nang husto ang mga abilidad nila. Pagkatapos mahalal ang isang anticristo,

sinasala muna niya ang direktang kapamilya at kamag-anak niya, tinitingnan kung sino ang malapit sa kanya, kung sino ang sumisipsip sa kanya, kung sino ang malapit sa kanya, at kung sino ang kasundo niya at kapareho niyang mag-isip. Tinitingnan din niya kung sino ang matuwid, kung sino ang hindi papanig sa kanya, kung sino ang magsusumbong sa kanya kung may gagawin siyang labag sa mga tuntunin at prinsipyo ng sambahayan ng Diyos—ang mga ito ang mga aalisin niya. Pagkatapos silang isa-isahin, iniisip niya: “May magandang ugnayan sa akin ang karamihan sa aking mga kamag-anak, nagkakasundo kami, pare-pareho kami kung mag-isip; kung magiging tauhan ko sila at magagamit ko sila, hindi ba’t lalaki ang impluwensiya ko? At hindi ba’t patatatagin nito ang katayuan ko sa loob ng iglesia? Gaya nga ng kasabihan, ‘langat ang mga karapat-dapat kahit sila pa ay mga kamag-anak.’ Ang lahat ng walang pananampalatayang opisyal ay kailangang sumandig sa malalapit nilang kaibigan at kasamahan para tulungan sila—ngayong opisyal na ako, ganoon din ang dapat kong gawin, magandang ideya ito. Una, dapat kong iangat ang mga kamag-anak ko. Siyempre ang asawa at mga anak ko; ang una kong gagawin ay bigyan sila ng mga posisyon. Ano ang gagawin ng asawa ko? Ang bantayan ang mga handog sa iglesia ay isang mahalaga at importanteng gampanin—nasa mga kamay dapat namin ang kapangyarihang pinansiyal, saka ko lang magagawang gumastos ng pera nang malaya at madali. Hindi puwedeng mapunta sa mga kamay ng isang tagalabas ang perang ito; dahil kapag ganoon, mapapasakanya ito, at masusubaybayan at makokontrol ang gastos, na nakaaabala. Nasa panig ko ba ang taong kasalukuyang namamahala sa mga akawnt? Mukha namang ayos siya sa panlabas, pero sino nga ba ang nakakaalam kung ano talaga ang iniisip niya sa panloob. Hindi, dapat umisip ako ng paraan para mapalitan siya at hayaang ang asawa ko ang mamahala ng mga akawnt.” Sinasabi ito ng anticristo sa asawa niya, na nagsasabi naman, “Maganda ito! Ngayong lider ka na ng iglesia, ikaw na ang may huling salita sa mga handog sa iglesia, hindi ba? Ikaw ang magpapasya kung sino ang mamamahala sa mga iyon.” Sinasabi ng anticristo: “Pero sa sandaling ito, walang magandang paraan para mapaalis ang taong kasalukuyang namamahala sa mga akawnt.” Medyo pinag-iisipan ito ng asawa niya, at sinasabi: “Hindi ba’t madali lang iyon? Sabihin mong masyadong matagal na niyang ginagawa ang trabaho. Hindi maganda iyon; puwedeng may mga utang na hindi na masisingil, magugulong akawnt, o mga insidente ng ilegal na pagpapayaman. Madaling nangyayari ang mga pagkakamali kapag ipinagkatiwala sa isang tao ang isang bagay sa loob ng matagal na panahon; sa paglipas ng panahon, pakiramdam nila ay may kapital na sila, at hindi na sila nakikinig sa ibang mga tao. Bukod doon, medyo matanda na ang taong namamahala sa mga akawnt, madali na siyang maguluhan at madalas na nakakalimutan ang mga bagay-bagay. Kung magkakaroon ng anumang kapabayaan, hahantong ito sa mga pagkalugi. Napakahalagang gampanin nito—kailangan na siyang palitan.” At sino ang dapat magsabi na kailangan na siyang palitan? Ang anumang pag-uusap tungkol sa pagpapalit sa taong ito ay hindi puwedeng manggaling sa bibig niya bilang lider ng iglesia; ang mga kapatid

mismo ang dapat magmungkahi sa asawa ng anticristo. Sa sandaling maihain na ng kanyang asawa ang kanyang mungkahi, ipagkakatiwala na sa kanyang asawa ang mga handog sa iglesia. Pero idinidikta ng prinsipyo ng iglesia na hindi puwedeng gawin ng isang tao lang ang pag-iingat sa mga handog, kundi ng dalawa o tatlong tao nang magkasama, na nakakatulong para maiwasan na samantalain ng isang tao ang isang butas sa tuntunin at lustayin ang pananalapi ng sambahayan ng Diyos. Kaya inirerekomenda ng anticristo ang pinsan niya para sumali sa pagsinop nito, sinasabing matagal na itong mananampalataya ng Diyos, marami nang naihandog, may magandang reputasyon, at mapagkakatiwalaan. Sinasabi ng lahat, “Pareho mong kamag-anak ang mga ito. Dapat may kasama ring isang tao na hindi mo kapamilya.” Kaya inirerekomenda ng anticristo ang isang matandang sister na magulo ang isip para tumulong sa pamamahala at pagkontrol sa pananalapi. Una, inilalagay ng anticristo ang pananalapi sa ilalim ng kontrol ng pamilya niya, kung saan pagkaraan nito ay espesipikong pinangangasiwaan ng pamilya niya kung paano gagastusin ang perang ito at ang mga espesipikong detalye ukol dito—nasa mga kamay niya ang kontrol sa lahat ng ito.

Pagkatapos monopolisahin ang pinansiyal na kapangyarihan at kontrolin ang mga ari-arian, nakamit na ba ng anticristo ang layon niya? Hindi pa. Ang pinakamahalaga ay ang makontrol ang mga superbisor ng iba’t ibang gawain ng iglesia, hikayatin sila sa panig niya, at siya ang masunod. Ito, sa pakiramdam ng anticristo, ang pinakamahalaga; may kaugnayan ito sa kung sinusunod ba ng mga taong nasa bawat pangkat na mas mababa ang mga sinasabi niya, at kung umaabot ba ang kapangyarihan niya sa pinakamababang antas. Kaya paano niya ito ginagawa? Nagpapakilala siya ng mga malawakang reporma. Una, nagbabahagi siya, at sinasabing may maling ganito at ganyan sa gawain ng bawat pangkat. May mga partikular na isyung lumitaw sa pangkat ng mga gumagawa ng video, halimbawa, at sinasabi ng anticristo, “Kasalanan ng superbisor ang mga problemang ito. Ang malalaking kapabayaang ito sa gawain niya at ang malalaking problemang idinulot niya ay katunayang hindi pasok sa pamantayan ang superbisor, at dapat siyang palitan; kung hindi, hindi magagawa nang maayos ang gawaing ito. Kaya, sino ang papalit sa kanya? May naiisip ba kayo—may mga kandidato ba? Sino ang pinakamahusay sa pangkat sa gawaing ito?” Pinag-iisipan itong mabuti ng lahat, at may nagsasabi, “May kapatid na napakahusay, pero hindi ko alam kung akma siya.” Sumagot ang anticristo: “Kung hindi mo alam, hindi siya puwedeng piliin. May irerekomenda ako sa inyo. Ang anak ko—25 taong gulang siya at nagtapos ng computer science, nag-major siya sa special effects at video production. Isa siyang bagong mananampalataya sa diyos, at hindi niya masyadong hinahangad ang katotohanan, pero mas mahusay ang mga propesyonal niyang kasanayan kaysa sa inyo. May mga propesyonal ba sa inyo?” At sasagot ang lahat, “Hindi kami ang matatawag mong mga propesyonal, pero matagal na naming ginagawa ang aming tungkulin at nauunawaan namin ang mga prinsipyo ng gawaing ito ng sambahayan ng Diyos. Siya ba?” “Hindi mahalaga kung hindi siya nakakaunawa; puwede siyang matuto.” Tama ito sa pandinig

ng lahat at sumasang-ayon sila sa mga sinasabi niya, sumasang-ayon ang lahat na iangat ang sinumang ibig niya, at sa gayon, isang mahalagang gampanin na naman ang nakontrol ng anticristo. Sumunod ay naiisip ng anticristo na mahalaga sa sambahayan ng Diyos ang gawaing ebanghelyo—at ang superbisor nito ay isang taong hindi niya kapanalig. Dapat itong palitan. Paano ito papalitan? Sa ganoon ding pamamaraan: paghahanap ng kapintasan. Sinasabi ng anticristo, “Ano na ang nangyari sa nakaraang potensyal na tatanggap ng ebanghelyo?” Sagot ng isang tao, “Matapos manampalataya ng isang buwan, nakarinig siya ng ilang negatibong propaganda at pinaniwalaan niya iyon, kaya hindi na siya sumampalataya pa.” Tinatanong ng anticristo, “Paanong tumigil siya sa pananampalataya nang ganoon-ganoon lang? Dahil ba hindi ninyo pinagbahaginan nang malinaw ang katotohanan ng mga pangitain? O dahil ba tamad kayo, o kinatakutan ninyo ang masamang kapaligiran at takot kayong ilagay ang sarili ninyo sa panganib, kaya hindi ninyo pinagbahaginan nang malinaw ang mga bagay-bagay? O dahil hindi ninyo siya agad-agad na pinagmalasakitan? O nabigo kayong tulungan siyang lutasin ang mga paghihirap?” Napakarami niyang tinatanong, sunod-sunod. At kahit paano pa sumagot ang iba, o kahit anong paliwanag pa ang ibigay nila, wala itong ipinagkakaiba; ipinipilit ng anticristo na masyadong maraming isyu ang superbisor ng pangkat sa ebanghelyo, masyadong mabigat ang mga pagkukulang nito, iresponsable ito, at hindi kalipikado para sa trabaho, kaya puwersahan itong tinanggal. At pagkatapos nitong matanggal, sinasabi ng anticristo, “Ang babaeng kapatid na si Ganito-at-ganyan ay nangaral na dati ng ebanghelyo at may karanasan din siya—sa tingin ko ay magiging mahusay siya.” Pagkarinig nito, sinasabi ng mga tao, “Siya ang nakatatanda mong kapatid! Posible ngang mahusay siyang magsalita, pero hindi maganda ang pagkatao niya. May masama talaga siyang reputasyon, hindi siya puwedeng gamitin,” at hindi sumasang-ayon ang mga kapatid. Sinasabi ng anticristo, “Kung hindi kayo sang-ayon, mabubuwag ang pangkat sa ebanghelyo. Hindi na kayo mangangaral ng ebanghelyo, wala kayong kakayahang gawin nang maayos ang tungkuling ito. Iyon o pumili kayo ng angkop na lider ng pangkat, at ang kapatid kong babae ang magiging katuwang na lider ng pangkat!” Pipili ng isang tao ang mga kapatid, at mag-aatubiling sumang-ayon ang anticristo, sa kondisyong papayagan ang nakatatanda niyang kapatid na babae na maging katuwang na lider ng pangkat. Ngayong may napagkasunduan na, nagawang manatili sa puwesto ang pangkat sa ebanghelyo.

Saan man ito o anumang gawain ang nakapaloob, kailangan ng mga anticristo na maglagay ng mga galamay nila, mga taong nasa panig nila. Kapag naging mga lider ang mga anticristo at nagkaroon ng katayuan, ang una nilang ginagawa ay hindi ang pag-inspeksiyon kung kumusta ang buhay pagpasok ng mga miyembro ng bawat pangkat, o ang pag-alam kung ano ang lagay ng gawain nila, o kung paano malulutas ang iba’t ibang paghihirap na hinarap nila sa kanilang gawain, at kung mayroon bang anumang hindi pa nalulutas na mga isyu o hamon; sa halip, tinitingnan nila ang sitwasyon ng mga tauhan, at kung sino ang pinuno ng bawat pangkat, kung sino sa bawat pangkat ang

laban sa kanila at aling mga tao ang magiging banta sa katayuan nila pagdating ng panahon. Alam na alam nila ang tungkol sa ganoong mga bagay, pero hindi nila kailanman tinatanong ang tungkol sa lagay ng gawain ng iglesia. Hindi nila kailanman kinukumusta ang kalagayan ng mga kapatid, ang buhay pagpasok nila, o kung kumusta ba ang buhay iglesia, at lalong ayaw nilang magmalasakit. Pero kilalang-kilala nila kung sino ang mga taong namumuno sa bawat pangkat: tauhan man nila ang mga ito, nakakasundo man nila ang mga ito, at banta man ang mga ito sa kapangyarihan o katayuan nila. Alam nila ang lahat ng detalyeng ito at siniyasat na nila nang napakalinaw ang mga ito. Kung sinuman sa grupo ang medyo matuwid at matapat magsalita, naniniwala silang dapat bantayan ang ganoong tao at hindi dapat bigyan ng anumang katayuan; pero pinapaboran nila ang mga mahuhusay mambola, ang mga marunong sumipsip, ang mga nagsasabi ng matatamis na salitang nakakalugod sa ibang tao, at ang marurunong sumunod sa hudyat kapag may ginagawang mga bagay-bagay. Pabor ang mga anticristo sa mga ito at pinaplano nilang iangat ng katungkulan ang mga ito at ilagay ang mga ito sa isang mahalagang posisyon. Iniisip pa nga nilang isama ang mga ito saan man sila magpunta, sinisigurong nakikinig sila sa mas maraming sermon at nililintang ang mga ito para maging mga galamay nila. Sa mga nasa iglesia naman na naghahangad sa katotohanan, may pagpapahalaga sa katarungan, at malakas ang loob na magsalita nang totoo, na tuloy-tuloy na dumadakila sa Diyos at nagpapatotoo sa Kanya, na hindi tumitiklop sa masasamang puwersa, katayuan, o awtoridad—nagbabantay sila laban sa mga ito, namumuhi sa mga ito, nagdidiskrimina laban sa mga ito, at inaalas ang mga ito sa kanilang puso. Gayunman, sa mga nambobola sa kanila, lalo na ang kanilang mga kapamilya, malalayong kamag-anak—ang mga ito na kayang gawin silang sentro ng atensiyon ay kinikilala bilang sarili nilang mga tao at tinatrato bilang kapamilya. Ang lahat ng nasa ilalim ng kapangyarihan ng anticristo na nagagawang gawin siyang sentro ng atensiyon, sumusunod sa mga hudyat niya at kumukuha ng direksiyon kapag gumagawa ang mga ito ng mga bagay-bagay, at ginagawa ang mga bagay-bagay ayon sa mga kagustuhan niya—ang mga taong ito ay walang konsensiya o katwiran, walang pagkatao, at hindi nagtataglay ng pinakamaliit na may-takot-sa-Diyos na puso. Sila ay isang pangkat ng mga hindi mananampalataya. Kahit ano pang masasamang bagay ang gawin nila, nililintang, pinoprotektahan, at itinuturing silang sariling pamilya ng anticristo, inilalagay sila sa ilalim ng kapangyarihan niya—sa ganitong paraan nabubuo ang teritoryo ng anticristo.

At sino-sino ang bumubuo sa personal na teritoryo ng anticristo? Una sa lahat, ang anticristo ang ulo, ang lider, ang haring nagtataglay ng ganap na awtoridad na ang salita ay hindi puwedeng kuwestiyunin sa teritoryong ito. Ang mga taong kadugo niya, ang malalapit na kapamilya niya, mga galamay niya, mga kabarkada, masusugid na tagahanga, iba pang malugod na sumusunod sa kanya at nauutusan niya, at ang iba pa ring masayang nakikihalubilo sa kanya at sumasama sa paggawa niya ng masama, pati na rin ang mga taong, sa kabila ng anumang pagsasaayos at atas administratibo

ng sambahayan ng Diyos, anuman ang sinasabi ng mga salita ng Diyos at ng mga katotohanang prinsipyo, ay handang magpagal para sa kanya, inilalagay sa panganib ang sarili ng mga ito para sa kanya, at nagpapakapagod para sa kanya—ang mga ito ang mga miyembro ng teritoryo ng anticristo Kapag pinagsama-sama, sila ang masusugid na tagasunod ng anticristo. At ano ang ginagawa ng lahat ng miyembrong ito ng teritoryo ng anticristo? Ginagawa ba nila ang tungkulin nila at ang bawat trabaho ayon sa mga regulasyon at prinsipyo ng sambahayan ng Diyos? Ginagawa ba nila ang hinihingi ng Diyos at tinatrato ba nila ang Kanyang mga salita at ang katotohanan bilang pinakamataas sa lahat ng prinsipyo? (Hindi.) Kapag ang mga ganoong tao ay umiiral sa iglesia, makakapagpatuloy ba ang katotohanan at ang mga salita ng Diyos nang walang hadlang? Hindi lang sa hindi makakapagpatuloy ang mga ito, pero dahil sa panggugulo, panlilihis, at pananabotahe ng grupo ng anticristo, hindi makapagbunga sa iglesia ang mga salita ng Diyos, ang katotohanang ipinapahayag Niya, at ang mga hinihingi Niya sa mga tao; hindi maipatupad ang mga ito. Kapag umiiral ang teritoryo ng anticristo, hindi nagkakaroon ng normal na buhay iglesia ang mga hinirang ng Diyos, ni hindi nila nagagawa ang tungkulin nila nang normal, lalong hindi nila nagagawa ang mga bagay-bagay alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo; kontrolado ng anticristo ang bawat trabaho sa iglesia. Sa hindi gaanong malubhang kaso, ang panggugulo ng anticristo ay nagdudulot ng kaguluhan, nababalisa ang mga tao, walang nararating ang gawain, at hindi alam ng mga tao kung paano gawin nang maayos ang gawain nila o gampanan nang tama ang tungkulin nila; wala sa kaayusan ang lahat. Sa malalalang kaso, nahihinto ang lahat ng gawain, at walang umiintindi o nagmamalasakit. Kahit na masasabi ng ilang tao na may problema, hindi nila makilatis na ang anticristo ang may-gawa ng gulong ito; ginugulo at nililito rin sila ng anticristo, hindi nila alam kung sino ang tama o mali; kahit pa may ilang nakakakita ng mga partikular na isyu at gustong magsalita o manguna sa gawain, hindi nila magawang akuin ang gawain. Sinusupil ng anticristo ang sinumang nagtatangkang ilantad siya, o na may pagpapahalaga sa katarungan at sinusubukang akuin ang gawain nang mag-isa. At hanggang saan ang ginagawa niya para supilin ang mga ito? Kung hindi ka mangangahas magsalita, kung magmamakaawa ka, kung hindi mo siya isusumbong, kung hindi mo siya iuulat sa mga nakatataas, o idudulog ang mga isyu sa gawain niya, o makikipagbahaginan sa katotohanan, o sasabihin ang salitang “Diyos,” pababayaan ka na ng anticristo. Kung itataguyod mo ang mga prinsipyo at ilalantad siya, gagawin niya ang lahat ng posible para pahirapan ka, gagamit siya ng iba’t ibang paraan para kondenahin at supilin ka, at manunulsol pa nga siya ng mga miyembro sa teritoryo niya, kasama ang mga balimbing, at ang mga taong bahag ang buntot, duwag, at takot sa mga puwersa ng anticristo, para itakwil at supilin ka. Sa bandang huli, mapapaluhod ng anticristo ang ilang may maliit na pananalig at tayog. At ikinatutuwa ito ng anticristo; nakamit na niya ang pakay niya. Kapag may kapangyarihan na siya, para mamonopolisa ang kapangyarihang ito at masiguro ang katayuan niya, hindi lang sa ibinibigay niya sa mga kaanak niya at sa mga kapalagayang-loob niya ang

lahat ng mahahalagang trabaho sa iglesia, kundi kasabay nito ay nagrerekluta rin siya ng iba na walang kaugnayan sa kanya para magserbisyo at magtrabaho nang husto para sa kanya, ang pakay ay ang manatili siya sa kanyang katayuan sa hinaharap, ang siya palagi ang may hawak ng kapangyarihan. Sa isipan niya, habang lalong dumarami ang mga tao sa kanyang teritoryo, lalong lalaki ang mga puwersa niya, at kaya lalong titindi ang kanyang kapangyarihan. At kapag mas matindi ang kapangyarihan niya, lalong matatakot sa kanya ang mga puwedeng lumaban sa kanya, ang mga puwedeng tumanggi, at ang mga mangangahas na ilantad siya. Lalo ring kumakaunti ang ganoong mga tao. Habang lalong natatakot ang mga tao sa kanya, lalo siyang nagkakaroon ng kapital para makipagtunggali sa sambahayan ng Diyos at sa Diyos; hindi na siya takot sa Diyos, at hindi siya natatakot na harapin ng sambahayan ng Diyos. Kung pagbabatayan natin ang pagnanais ng anticristo na magkaroon ng kapangyarihan, kung ano ang pinaggagamitan niya nito, at ang iba't ibang pag-uugali niya, sa diwa, ang anticristo ay kalaban ng Diyos; isa siyang Satanas at diyablo.

At ano ang ginagawa ng anticristo pagkatapos maitatag ang sarili niyang teritoryo? Sobra ba siyang balisa tungkol sa lagay ng gawaing ebanghelyo ng iglesia? Nag-aalala ba siya tungkol dito, o nagtatanong ba siya ukol dito? Nagsasagawa lang siya ng inspeksiyon, na iniraraos lang, nakakaraos nang pabasta-basta gamit ang ilang salita lang at wala nang iba. Ano ang pakay ng pag-iinspeksiyon niya? Para saan ang mga paglalakbay niya nang malayo para kumustahin ang mga kapatid? Dahil ba ito sa may pakialam siya sa lagay ng buhay pagpasok ng mga ito? Hindi. Tinitingnan niya kung may intensyon bang lumaban sa kanya ang sinumang sakop ng impluwensiya niya, kung mayroon bang tumitingin sa kanya nang patagilid, o mangangahas na magsabi ng “hindi” sa kanya, o mangangahas na hindi sumunod at hindi gawin ang sinasabi niya; kailangan niyang makita sa sarili niyang mga mata, kailangan niyang personal na malaman ang sitwasyon. Isang aspekto iyon. Bukod pa roon, kapag naitatag na ng anticristo ang teritoryo niya, iniluluklok niya ang sarili niya bilang nararapat na hari—at kung sasabihin mong malupit siyang pinuno, ang mapang-api ng bayan, ang bandidong lider, wala siyang pakialam, basta’t may katayuan at kapangyarihan siya. Sa sakop ng impluwensiya niya, sa loob ng teritoryo niya, hawak niya ang lahat ng kapangyarihan, siya lang ang masusunod. Gayundin, tinatamasa rin niya ang pagsamba, paghanga, at pagdakila ng grupo niya, pati na ang pambobola, walang kabuluhang papuri, at maging ang lahat ng pakiramdam ng pagiging mataas at mga espesyal na pagtratong ibinibigay nila sa kanya. Sa palagay mo ba, kapag minomonopolisa ng anticristo ang kapangyarihan niya, para lang ito makapagsalita mula sa isang mataas na posisyon? Para lang ba itong matupad ang ganoong kagustuhan? Hindi. May mas kapaki-pakinabang pa siyang gusto: ang lahat ng pagtrato na kaakibat ng katayuan at kapangyarihang tinatamasa niya sa kanyang teritoryo. Sa sandaling maitatag na ng anticristo ang teritoryo niya, sa sandaling magkaroon na siya ng masusugid na tagasunod, gugugulin niya ang mga araw niya nang mas maginhawa pa kaysa sa mga sinaunang emperador. Wala siyang kailangang

gawin: Sa isang salita, natutupad ang hiling niya; sa isang salita, dinadala sa kanya ang mga bagay na gusto niya. Halimbawa, sasabihin ng anticristo, “Maganda ang lagay ng panahon ngayon; bakit parang gustong-gusto kong kumain ng manok?” Bago mananghali, may nagluto na ng nilagang manok. Sa tanghalian, sasabihin ng anticristo, “Kaming mga mananampalataya ng diyos ay hindi puwedeng uminom ng alak, pero baka puwede ang ilang pampalamig?” Pagkarinig sa mga salitang ito ng lider nila, ang mga tagasunod ng anticristo ay may isang inutusan para magmadaling bumili ng mga pampalamig. Hindi ba’t nakukuha niya ang anumang gusto niya? Kailangan lang niyang iunat ang kamay niya, ibuka ang bibig niya, at ang mga bagay ay dadalhin sa kanya at natutupad ang lahat ng hiling niya. Lumilipas ang mga araw niya nang labis na maginhawa. Pagkatapos ay sasabihin ng anticristo, “Malamig ngayon. Binutas ng mga gamo-gamo ang cardigan ko noong nakaraang taon, hindi na angkop kapag isinuot ko ito—hindi magandang tingnan. Hindi ko alam kung nasaan ang pangginaw ngayong taon.” Kapag may nag-aalok na ibili siya ng ilang cardigan, sinasabi niyang hindi siya dapat kaswal na ibili ng mga ito, dapat siyang sumunod sa kaangkupan ng mga santo, at dapat gastusin ang pera ayon sa prinsipyo. Pagkatapos na pagkatapos sabihin ito, may isang taong ibinili siya ng ilang cardigan. Pagkarating nila, pakiramdam ng anticristo na kung wala siyang sasabihin, magmumukhang sinasadya ang lahat, kaya sinabi niya: “Sino ang bumili ng mga ito? Hindi ba’t isa itong paglabag sa mga prinsipyo? Hindi ba’t makagagawa ako ng pagkakamali rito? Sino ang bumili ng mga ito? Ibibigay ko sa kanila ang pera.” Sasabihan niya ang asawa niyang kumuha muna ng kaunting pera mula sa mga handog sa iglesia, at sasabihin niyang babayaran niya ito kapag may pera na siya. Sa realidad, kaswal niyang sinasabi ito; wala talaga siyang kaplano-planong bayaran ito. Talagang nakukuha ng anticristo ang anumang naisin niya, natatamasa ang lahat nang walang kahirap-hirap. At sa puso niya, nakakaramdam ba siya ng anumang paninisi sa sarili matapos tamasahin ang mga bagay na ito? Sinusumbatan ba siya ng kanyang konsensiya? (Hindi.) Paanong makakaramdam siya ng paninisi? Ito mismo ang habol niya, ito ang talagang inasam niya araw at gabi—paano niya magagawang tanggihan ito? Hindi puwedeng sayangin ang kapakinabangang ito, kung hindi niya ito sasamantalain, lilipas ito at masasayang; sa sandaling nasamantala na niya ito, magsasalita pa rin siya nang mabuti, para kusang gawin iyon ng taong gumagastos ng pera, at hindi mangangahas na pag-isipan ito ng anuman.

Sa sarili nilang teritoryo, hindi lamang nakakatanggap ang mga anticristo ng iba’t ibang espesyal na pagtrato at serbisyo mula sa kanilang mga nasasakupan kundi tinuturuan din nila ang mga nasa teritoryo nila na lubos na sumunod sa kanila. Halimbawa, kung sinabi ng anticristo sa lahat na gumising nang alas-singko ng umaga, dapat gising na ang lahat bago mag-alas-singko ng umaga. Haharap sa pagpupungos ang mga tinanghali nang gising—kinakailangan nilang bantayan ang mga tingin ng anticristo. Sa oras ng pagkain, walang nangangahas na umupo sa may mesa hangga’t hindi pa siya nakakaupo, at walang kahit sinong nangangahas na mauna pa sa kanya

na gumamit ng mga chopstick. Anuman ang maisipan niyang gawin, dapat itong magawa; kung sa papaanong paraan man niya maisipang gawin ang isang bagay, dapat sumunod ang iba, at hindi palalampasin ang pagsuway. Sa teritoryo niya, siya ang lider, ang hari, at ang salita niya ang masusunod—sinumang hindi susunod ay pahihirapan. Ang kanyang mga nasasakupan ay tinuturuang sumunod nang walang pasubali sa kanyang mga utos, hindi nangangahas ang mga ito na lumaban sa kanya kahit bahagya man, at naniniwala ang mga ito na anuman ang ipag-utos niya ay makatwiran at nararapat—tungkulin at obligasyon nila ito. Sa ilalim ng bandera ng pananampalataya sa Diyos at pagganap sa kanilang mga tungkulin, walang alinlangang sinusunod ang anticristo ng mga nasasakupan niya, buhat-buhat siya sa palad ng kanilang mga kamay at tinatrato siya bilang kanilang hari at panginoon. Kung may mga kaisipan o opinyon ang sinuman patungkol sa anticristo, kung mayroon silang mga pananaw na iba sa pananaw ng anticristo, ibinubuhos niya ang buong pagsisikap na pabulaanan, maliitin, himayin, hatulan, kondenahin, at pigilan ang mga ito, tumitigil lang kapag ganap nang sumusunod sa kanya ang taong iyon. Umuunlad ang buhay ng anticristo sa kanyang teritoryo, kung saan lubha itong komportable. Napupuntang lahat sa anticristo ang mga perang inihahandog ng mga kapatid, at anumang bagay na wala ang anticristo ay dapat nilang ibigay sa kanya. Dapat agad-agad na maibigay ng mga kapatid ang mga pangangailangan ng anticristo para mapanatili itong nasisiyahan at maligaya. Sinanay ng anticristo ang mga taong ito para maging mga birtwal na alipin. Umiikot ang pinakamadalas niyang pangangaral sa kung paano siya nagdusa at naging tapat, binibigyang-diin kung paano siya dapat unawain at sundin ng mga tao para mapalugod ang Diyos at maging alinsunod sila sa mga katotohanang prinsipyo. Nangangaral ang anticristo ng matatayog na mga sermon, bumibigkas ng mga islogan, at naglalahad ng mga doktrinang umaayong ganap sa mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao, nakukuha niya ang pagsamba at paghanga ng iba. Kasabay nito, mabisa niyang napipigilan na may bumangong anumang suspisyon, pagdududa, o pagkilatis laban sa kanya, at napipigilan din niya ang mga tao na magkaroon ng kaisipang ilantad o kilatisin siya o magkaroon ng sarili nilang kaisipan ng pagkakanulo. Tinitiyak nitong magpapatuloy ang kanyang kapangyarihan habambuhay, at na mapatitibay ito sa loob ng iglesia nang walang anumang pagbabago. Hindi ba't medyo malayo nang napag-isipan ng anticristo ang mga bagay-bagay? Kaya naman, ano ang layunin sa likod ng lahat ng kilos na ito? Isang salita—kapangyarihan. Ang mga nasa teritoryo man niya o ang mga nasa labas, masusugid man niyang tagasunod o mga kapatid na nakakakilatis sa kanya, ano ang pinakakinatatakutan at ipinag-aalala ng anticristo? Ito ay na baka maunawaan ng mga indibidwal na ito ang katotohanan, lumapit sa harapan ng Diyos, kilatisin siya, at itakwil siya. Ito ang pinakakinatatakutan niya. Sa sandaling itakwil na siya ng lahat, siya ay nagiging isang kumander na walang hukbo, nawawalan na siya ng katayuan at katanyagan, at tinatangalan siya ng kanyang kapangyarihan. Samakatwid, naniniwala siyang sa pamamagitan lamang ng pagtiyak sa seguridad ng kanyang teritoryo, mahigpit

na pagkontrol sa kanyang masusugid na tagasunod, lubusang paglilihis at pagkontrol nang husto sa mga sumusunod sa kanya, paghawak sa kanila nang mahigpit, mapatitibay niya ang kanyang kapangyarihan. Sa ganitong paraan, kumakapit siya nang mahigpit sa espesyal na pagtratong nais niyang matamasa, isang espesyal na pagtratong dala ng kanyang kapangyarihan. Masyadong matalas ang ilang anticristo sa ipinapakita nilang asal at sa kanilang mga pakikitungo, mahusay silang kunin ang loob ng mga tao. Sa loob ng teritoryong pinamamahalaan nila, may mga utusan sila, mga nagtutustos ng mga materyal nilang pangangailangan, at mga nangangalap ng impormasyon o nag-aasikaso ng mga bagay-bagay para sa kanila—iba't ibang klase ng mga indibidwal. Sa loob ng nasasakupang impluwensiya ng anticristo, kung walang may mahusay na kakayahan, walang naghahangad sa katotohanan, at walang nagtataguyod ng mga katotohanang prinsipyo, mapapanatili ng anticristo ang kontrol nito sa iglesia nang pangmatagalan, at lubusang masisira at maliligaw ang mga tao na nasa loob ng iglesia sa puntong hindi na malulunasan pa. Kahit may ipadala pa ang ang Itaas para imbestigahan ang gawain, mawawalan lang ito ng kabuluhan. Hindi na tatablan at hindi na mapapasok ang iglesia sa ilalim ng kontrol ng anticristo—ang matibay niyang kuta. Kahit sino pa ang maglantad at humimay sa anticristo, o kahit sino pa ang magbahagi ng mga katotohanang prinsipyo, hindi na makikinig sa kanila ang mga naligaw. Sa halip, kakampi sila sa anticristo, na kinakalaban ang katotohanan at kinokondena ang pagkakalantad at pagkakahimay sa anticristo.

Pinag-uusapan at sinusuri palagi ng anticristo, ng masusugid niyang tagasunod, at ng mga miyembro ng teritoryo niya ang mga usapin sa loob ng sambahayan ng Diyos: Sino ang inilipat kung saan? Sino ang natanggal? Naglabas na namang muli ng pagbabahagi at sermon ang ang Itaas tungkol sa paglalantad ng ganito at ganyan—dapat ba natin itong ilabas? At paano natin ito ilalabas? Kanino ito unang ilalabas, at kanino pagkatapos? Kailangan ba nating makialam at magbawas o mag-edit nang kaunti? Sino ang kamakailang nakipag-usap sa mga tagalabas? May tao bang ipinadala ng ang Itaas? Nakipag-ugnayan ba ang sinuman sa mga taong iyon sa mga tao natin sa ibaba? Madalas nilang magkakasamang pinag-uusapan ang ganoong mga bagay; madalas silang lihim na nagkakasundo at nagsasabwatan, pinag-uusapan ang mga pangontra nilang hakbang, pakana, at pamamaraan para matugunan ang lahat ng pagsasaayos ng gawain ng ang Itaas; gayundin, madalas din nilang pinag-uusapan at sinusuri ang mga kalagayan ng mga kapatid na nasa ilalim nila. Buong maghaponang magkakasamang nagsasabwatan ang anticristo at ang mga miyembro ng teritoryo niya, at magkakasanggang-dikit sila. Kapag magkakasama sila, hindi sila nagbabahaginan tungkol sa katotohanan, o sa mga layunin ng Diyos, lalong hindi tungkol sa gawain ng iglesia, o kung paano tuparin ang tungkulin nila, isulong ang gawain ng iglesia, o gabayan ang pagpasok ng mga kapatid sa realidad ng mga salita ng Diyos, o kung paano tumugon sa mga sitwasyon sa labas. Hindi sila kailanman nagbabahagi tungkol sa mga wastong bagay na ito, pero sinusuri nila kung sino ang nagiging mas malapit

kanino, kung sino ang pinag-uusapan ng mga taong ito kapag magkakasama sila, kung pinag-uusapan ba nila ang mga lider kapag nakatalikod ang mga ito; at binibigyan nila ng pansin kung sinong pamilya ang mayaman, at kung may mga naihandog na sila. Ito ang mga bagay na patago nilang pinagkukuwentuhan, palagi nilang hinuhusgahan ang mga kapatid, at ang mga pagsasaayos ng gawain ng ang Itaas—palagi nilang ginagawa ang lahat ng makakaya nila para linlangin ang mga kapatid at ang ang Itaas. Nakakahiya ang mga bagay na patago nilang ginagawa: Kung hindi ito nakakapinsala sa iglesia, nakakapinsala naman ito sa mga kapatid; palagi silang nagpaplano o lumilikha ng usap-usapan tungkol sa mga kapatid na may mahuhusay na kakayahan at naghahangad sa katotohanan, palagi nilang sinusubukang pabagsakin ang mabubuting tao o dungisan ang kanilang pangalan. Sa tuwing may ginagawang anumang bagay ang mga anticristo, palagi nila itong tinatalakay sa mga tao sa kanilang kampo—may mga plano at pakanang sangkot dito. Walang anumang bagay na sinabi ng grupo ng anticristo ang mapanghahawakang totoo sa pag-aanalisa; kung gagawan ito ng masusing pag-aanalisa, may mga makikitang problema sa lahat ng ito. Kapag may mga taong nasa labas ng teritoryo, pinipigilan nila ang kanilang sarili at nag-iingat sila; sa loob ng teritoryo ng anticristo, walang anumang bawal: Hinuhusgahan nila ang mga kapatid, ang gawain ng sambahayan ng Diyos, ang matataas na lider—maging ang Diyos. Puwedeng batikusin ang lahat. Pero kapag nariyan ang isang taong mula sa labas ng teritoryo, itinatago nila ang mga salita nila, tumatahimik, pinanghihinaan ng loob, at nagsasalita pa nga sa isang sikretong wika na hindi maiintindihan ng mga tagalabas. May tingin sila na may partikular na kahulugan, masamang ngiti na may ibig sabihin, kahit singhal at ubo na may ibig sabihin—mga sikretong senyas nila ang lahat ng ito. Minsan nagkakamot sila ng ulo nila, minsan hinahatak nila ang mga tenga nila, minsan ipinapadyak nila ang mga paa nila, minsan pinagkikiskis nila ang mga kamay nila; may ibig sabihin ang lahat ng iyon. Ito ang mga pangkaraniwang pagpapamalas ng grupo ng anticristo, ang iba’t ibang pag-uugaling ipinapamalas nila sa sandaling mamonopolisa na nila ang kapangyarihan sa iglesia. Kung titingnan ang iba’t iba nilang pag-uugali at pagpapamalas, at kung hihimayin ang mga ito mula sa perspektiba ng pagkatao nila, anong klaseng tao ang mga ito? Hindi ba’t sila ang mga alagad ng panlilinlang at kabuktutan? (Oo.) At may pagpapahalaga ba sa katarungan ang mga taong ito? May konsensiya o moralidad ba sila? Matapat ba sila? Hindi. Walang kahihiyan ang mga taong ito. Ginagastos nila ang mga hinahandog ng mga kapatid, at iniisip nilang nararapat lang ito para sa kanila; gayundin, ginagawa nila ang gusto nila at nagwawala sa loob ng sambahayan ng Diyos, na nagdudulot ng pinsala sa mga kapatid—at hindi lang sila nagiging palamunin ng iglesia ng pansamantala, kundi ginagawa nila iyon araw-araw, hanggang sa mga susunod na henerasyon. Hindi ba’t mga diyablo ang mga ito na kumakain ng laman ng tao at umiinom ng dugo ng tao? Wala silang kahihiyan! Kapag magkakasama, palaging pinag-uusapan ng mga anticristo at ng kanilang grupo ang “mga usaping pambansa.” Pero nakakahiya ba ang mga patago nilang usapan? (Oo.)

Ano ang pinag-uusapan nila? Nagbabahaginan ba sila tungkol sa gawain ng iglesia? May pasanin ba sila para sa gawain ng iglesia? Sa ilang lugar, ang iglesia ay sinusubaybayan at ang mga kapatid ay palihim na sinusundan at minamanmanan ng malaking pulang dragon, ng gobyerno, at maging ang karamihan sa mga kapatid ay nasa ilalim ng kontrol ng gobyerno at humaharap sa panganib ng pagkakaaresto at pagkakabilanggo. May pakialam ba sila? Sinusubukan ba nilang mag-isip ng paraan para protektahan ang mga kapatid, para tulungan silang makaiwas sa pag-uusig at pagdurusa sa bilangguan? Nag-uusap-usap ba sila nang pribado kung paano iingatan ang mga libro ng iglesia, mga pagmamay-ari, at iba pa, para protektahan ang iglesia nang hindi ito mawalan? Kung may lumitaw na isang Hudas sa iglesia, kaagad ba silang kumikilos, mabilis na naghahanap ng ligtas na lugar para sa mga apektadong kapatid upang protektahan ang mga ito? Gagawin kaya nila ang ganoong mga bagay? (Hindi.) Kapag may kapangyarihan ang mga tao, kaya nilang gumawa ng mabubuting bagay at kaya rin naman nilang gumawa ng masasamang bagay. Kaya, ano ang ginagawa ng mga anticristo kapag may kapangyarihan sila? (Masasamang bagay.) Anong masasamang bagay ang ginagawa nila? (Naghahanap sila ng mga paraan para pahirapan ang sinumang hindi nakikinig sa kanila. Kapag nagpapadala ng ilang lider at manggagawa ang sambahayan ng Diyos para kumustahin ang gawain, hahanap sila ng paraan para iwasan ang mga ito, o ng paraan para makahanap ng maipipintas sa mga ito at husgahan ang mga ito, kondenahin ang mga ito, at makahanap ng mga dahilan para paalisin ang mga ito, para pigilan ang mga ito sa pagtatanong tungkol sa gawain at sa paghahanap ng mga isyu laban sa kanila.) Kabaligtaran naman ang ginagawa ng ilang anticristo: Sa takot na iulat ng mga kapatid ang mga isyu nila, binabantayan nila ang mga lider na ipinadala mula sa ang Itaas, inililibre nila ang mga ito ng masasarap na pagkain at inumin, at pinipigilan ang mga itong makipag-usap sa mga kapatid na nasa mabababang posisyon. Kapag kinukumusta ng mga lider ang mga kapatid, sumasagot sila, “Maayos ang lagay nilang lahat. Sa ngayon, maayos ang takbo ng aming gawain ng ebanghelyo. Nalutas na namin ang lahat ng isyung iyon na lumitaw mula sa di-kanais-nais na kapaligiran, at pinatalsik na ang mga Hudas na nagkanulo sa amin; hinarap na namin ang mga nagtangkang guluhin ang gawain ng iglesia, at inalis na namin silang lahat, at naipamahagi na ang mga aklat ng mga salita ng diyos gaya nang normal. Wala nang kaproble-problema.” Pagkasabi nito, iniuulat din nila ang ilang bagay tungkol sa ibang tao. Kapag nagpapadala ang ang Itaas ng isang tao para imbestigahan sila, kung iniisip nilang may taong nagsumbong sa kanila—sadya nilang iuulat ang mga isyu ng taong iyon para ilihis ang matataas na lider at para isipin nilang may mga isyu nga ang taong nag-ulat sa anticristo, para hindi malaman ng mga lider kung ano talaga ang nangyayari sa gawain ng iglesia, at para hindi madiskubre ang mga isyu ng anticristo, upang sa bandang huli, hindi sila matanggal, at hindi na sila malagay sa alanganin. Ang layunin ng anticristo sa pagprotekta sa teritoryo niya ay ang patatagin ang kanyang kapangyarihan at gawin itong mabisa, kaya naman lumilinang siya ng maraming

tagasuporta, galamay, masusugid na tagasunod, at mga kapanalig. Ang layunin niya sa paglinang sa ganoong mga tao ay ang lubusang mamonopolisa ang kapangyarihan, para mapigilan ito sa paghina o pagkawala sa kanya.

Tinatrato ng mga anticristo ang sambahayan ng Diyos na parang sarili nilang personal na teritoryo, at ang unang ginagawa nila pagkatapos na maupong lider ay ang monopolisahin ang kapangyarihan. May naisip na ba kayong pagkakataon kung saan minomonopolisa ng mga anticristo ang kapangyarihan? (Dati, may isang lider sa iglesia na anticristo. Sa tuwing ipinupunto ng isang tao ang kanyang mga isyu o inilalantad siya, pipigilan niya ang taong iyon at kukumpiskahin ang mga aklat nito ng mga salita ng Diyos. Nagpunta ako sa ilang pagtitipon ng grupo sa kanyang mga iglesia para alamin pa ang sitwasyon. Sa takot na baka mabunyag ang masasama niyang gawa, sinubukan ng anticristong iyon na palayasin ako at sinamantala niya ang oportunidad na akusahan ako na palihim akong dumadalo sa mga pagtitipon nang wala ang kanyang pahintulot. Pagkatapos niyon, nagpadala ng tao ang mga matataas na lider para mag-imbestiga, at siniraang-puri ako ng anticristo, nagsalita ng kung anu-anong masama laban sa akin, at isinailalim pa nga niya ako sa house arrest, tinatagubilinan ang mga kapatid na huwag makikihalubilo sa akin. Noong panahong iyon, walong iglesia ang kontrolado ng anticristong ito sa tulong ng isa pang lider at manggagawa. Sa wakas, matapos ang ilang buwan ng pagbabahaginan at pagkilatis, pinalayas na sa wakas ng mga kapatid ang grupong ito ng mga anticristo.) Ganito magtrabaho ang mga anticristo. Anuman ang gawin nila sa loob ng iglesia, layon nitong makakuha ng kapangyarihan at kontrolin ang mga tao. Sensitibong-sensitibo sila sa sinumang banta sa kanilang katayuan at kapangyarihan. Napakatalas ng pang-amoy nila sa gayong mga bagay, at napagtatanto nila kaagad na walang magandang idudulot sa kanila ang mga bagay na ito at banta ang mga ito sa kanilang posisyon. Hindi ba't buktot ito? Bakit napakasensitibo ng mga anticristo sa gayong mga bagay? Bakit hindi ito nararamdaman ng iba? May kinalaman ito sa kanilang kalikasan; ang mga anticristo lamang ang makababatid sa mga bagay na ito. Kinukumpirma nito ang isang punto: May ganitong diwa ang mga anticristo. Di-pangkaraniwan ang pagnanais nila para sa kapangyarihan, at nagtataglay sila ng isang kakaibang pananabik. Kapag may nagpunta sa iglesiang pinamumunuan nila, pag-aaralan nila ang taong ito, iniisip na, "Banta ba ang taong ito sa aking katayuan at katanyagan? Narito ba siya para iangat ako o para tanggalin ako? Narito ba siya para imbestigahan ang mga isyu ko o para makipagbahaginan nang normal tungkol sa gawain?" Sinusubukan muna nilang alamin ang mga bagay na ito. Napakasensitibo nila sa gayong mga bagay dahil may natatangi silang pagkagiliw at pagnanais para sa katayuan at kapangyarihan; nabubuhay sila para sa kapangyarihan at katayuan. Iniisip nila na kung mawalan sila ng kapangyarihan, mabawasan ng mga tagasuporta, at maging isang kumander na walang hukbo, wala nang saysay pa ang buhay. Samakatwid, patungkol sa katayuan at kapangyarihang natamo nila, nangangasiwa man sila ng tatlong iglesia, limang iglesia, o sampung iglesia, naniniwala ang mga anticristo na kapag mas

marami, mas mabuti. Hinding-hindi nila isusuko ang kanilang kapangyarihan sa ibang tao. Iniisip nilang sila ang may karapatan doon, isang bagay na ipinaglaban nila, isang bagay na nakuha nila sa pamamagitan ng rebolusyon at estratehiya. Kung gusto itong kunin ng iba, dapat handa silang ibuwis ang kanilang buhay kapalit nito. Tulad ito ng malaking pulang dragon—kung may magmumungkahi ng demokratikong pagbabago para wakasan ang diktadurya nito, inuudyukan ang Partido Komunista na magsagawa ng patas na eleksyon, ano kaya ang sasabihin ng malaking pulang dragon? “Demokrasya? Kakailanganin mong tumbasan ito ng ulo ng dalawampung milyong tao! Nakuha ng Partido Komunista ang kapangyarihan nito sa pamamagitan ng dugo ng di-mabilang na mga indibidwal. Kung gusto mong mangamkam ng kapangyarihan, kakailanganin mong tumbasan ito ng dugo at buhay ng ganoon karaming tao!” Ganoon din ang mga anticristo. Kung gusto mong bitawan nila ang kanilang kapangyarihan, hindi sapat na makipagbahaginan ng katotohanan sa kanila para sila sumuko; makikipagbuno at lalaban sila sa iyo. Kahit gaano pa nakakasuklam ang kanilang mga pamamaraan o kaparaanan, kailangan nilang ingatan ang kanilang kapangyarihan. Maliban na kung magising at magkaisa ang mga hinirang ng Diyos na ilantad at alisin sila, hindi nila ito gagawin. Hindi ba’t masyado nga talagang buktot ang mga anticristo? Kinukumpirma nitong ganap at binibigyang halimbawa ang buktot at malupit na disposisyon ng mga anticristo. Kahit payag pa o hindi ang mga kontroladong nasasakupan, totoo man silang sumuko o hindi, handa man silang tumalima at sumunod, walang pakialam sa bagay na ito ang mga anticristo. Puwersahan nilang ginagamit ang kanilang kapangyarihan para pigilan at kontrolin ang mga tao. Walang sinuman ang maaaring sumuway. Sinumang hindi nagbibigay-daan ay papatawan ng parusa. Ganito ang mga anticristo.

Ngayon lang, nagbahaginan tayo tungkol sa ilang espesipikong pagsasagawa at pagpapamalas ng kung paano minomonopolisa ng mga anticristo ang kapangyarihan. Mula sa mga pagsasagawa at pagpapamalas na ito, hindi ba natin makita na nagtataglay ng malupit at buktot na disposisyon at diwa ang mga anticristo? Mababago ba sila ng sinuman? Sa pamamagitan man ng pangangatwiran sa kanila, pakikiusap, paglalahad sa katotohanan sa mga salita ng Diyos, pagpupungos sa kanila, o paghahangad na baguhin sila sa pamamagitan ng totoong damdamin—magagawa ba ng alinman sa mga pamamaraang ito na ipaabandona sa kanila ang kaugaliang pagmomonopolisa ng kapangyarihan? (Hindi.) Sinasabi ng ilang tao, “Ang mga anticristo ay mga tao lang na may mga tiwaling disposisyon. May damdamin ang mga tao. Kung makikiusap ka sa kanila na may kalakip na damdamin, ipapaliwanag nang lohikal ang mga bagay-bagay, at lilinawin ang mabubuting bagay at hindi, kapag naunawaan nila ang katwiran, baka sakaling hindi sila kumilos sa ganoong paraan. Baka aminin nila ang kanilang mga pagkakamali, magsisi, at tumigil sa paglakad sa landas ng mga anticristo. Baka sakaling hindi sila magtatag ng sarili nilang teritoryo sa loob ng sambahayan ng Diyos, mangalap ng sarili nilang masusugid na tagasunod para magmonopolisa ng kapangyarihan sa sambahayan ng Diyos, at makilahok sa mga ganitong pagkilos na hindi umaayon sa

pagkatao at moral.” Maiimpluwensiyahan ba ang mga anticristo sa ganitong paraan? (Hindi.) May nakapagpabago na ba sa isang anticristo? May nagsasabi na, “Siguro hindi sila naturuang mabuti ng kanilang ina mula sa pagkabata, pinalaki sila sa layaw. Ngayon, kung kakausapin sila ng kanilang ina o kung makipagkatwiran sa kanila ang taong pinakatanyag sa kanilang pamilya, o ang pinakamatagal nang mananampalataya sa kanila, baka sakaling hindi na nila gawin ang mga bagay na ginagawa ng mga anticristo.” Totoo ba ito? (Hindi.) Bakit hindi? (Walang magagawa ang mangatwiran sa kanila; habang lalo kang nagsasalita, lalo nilang ipagdaramdam ito. Kung ilalantad at pupungusan mo sila, kamumuhian ka nila.) Tama. Hindi ba’t ilang beses na nilang narinig ang mga salita ng Diyos at ang katotohanan? Nanampalataya na ang ilang anticristo sa loob ng sampu o dalawampung taon nang walang anumang pagbabago. Marami-rami na silang nabasang mga salita ng Diyos pero bakit walang nangyaring pagbabago? Ito ay dahil puno ng kasamaan ang kanilang mga puso—kahit ang Diyos ay hindi sila inililigtas, kaya ba silang baguhin ng mga tao gamit ang kakaunting kaalaman at doktrinang mayroon sila? Sa lipunan ng mga tao, may edukasyon ang mga bansa, at may mga batas sa lipunan, kung saan hinihimok nitong lahat ang mga tao na matutong maging mabuti at umiwas sa paggawa ng mga krimen. Pero bakit hindi nito mabago ang mga tao? Nagkaroon na ba ng anumang positibong epekto sa lipunan ang edukasyon at mga sistema ng bansa? May anumang edukasyonal na kabuluhan ba o halaga para sa sangkatauhan ang mga bagay na iyon na itinaguyod ng bansa? Naging epektibo ba ang mga ito? (Hindi.) Kahit ang mga legal na departamento ng bawat bansa, gaya ng mga koreksiyonal na pasilidad para sa mga delinkuwenteng kabataan at ang mga bilangguan, na pinakamataas at pinakamahigpit na mga lugar para sa pagdidisiplina sa mga tao, nabago ba ng mga ito ang diwa ng mga tao? Halimbawa na lang ang ilang taong nangghasa, magnanakaw, at butangero—maraming beses na silang labas-masok sa bilangguan na nagiging paulit-ulit na silang lumalabag—nagbabago ba sila kalaunan? Hindi, walang makapagpapabago sa kanila. Hindi mababago ang diwa ng isang tao. Gayundin naman, hindi rin mababago ang diwa ng mga anticristo. Kinakatawan ng pagsasagawa ng pagmomonopolisa sa kapangyarihan ang diwa ng mga anticristo, at hindi mababago ang diwang ito. Ano ang saloobin ng Diyos patungkol sa ganitong uri ng tao na hindi mababago? Ito ba ay ang gawin Niya ang buo Niyang makakaya para baguhin at iligtas sila, at pagkatapos ay magkamit ng transpormasyon sa kanilang kalikasan? Ginagawa ba ng Diyos ang gawaing ito? (Hindi.) Ngayong nauunawaan na ninyo na hindi ginagawa ng Diyos ang ganitong uri ng gawain, paano ninyo dapat harapin ang mga anticristo? (Itakwil sila.) Una, kilatisin at himayin; kapag nakikita na ninyo ang tunay nilang kalikasan, itakwil ninyo sila. Huwag ninyong itakwil ang isang tao batay lamang sa mga kuru-kuro at imahinasyon ninyo, iniisip na mapagmataas at mapagmagaling sila at parang anticristo. Hindi ito uubra; hindi kayo maaaring maging bulag. Sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan, pag-iimbestiga at pagkilatis, unti-unti ninyong patunayan at kumpirmahin na anticristo nga ang isang tao. Una, ibahagi at

himayin sila sa lahat, kilatisin sila, at pagkatapos ay makipagkaisa sa mga nasa iglesia na naghahangad sa katotohanan at may pagpapahalaga sa katarungan para itakwil sila. Kilatisin at himayin muna sila, at pagkatapos ay itakwil sila—ito ang pinakamainam na paraan para harapin ang mga anticristo. Para naman sa mga anticristong mahusay magpaimbabaw at medyo tuso, kung naimbestigahan at nakilatis mo sila sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kanila, kinukumpirmang mga anticristo nga sila, pero hindi sila masyadong kilala ng mga kapatid, kulang pa rin sila sa totoong pagkilatis, at kapag ibinabahagi at hinihimay mo ang tungkol sa kanila sa mga kapatid, hindi lamang sa hindi sila naniniwala o tinatanggap na anticristo nga ang mga ito bagkus ay sinasabi pa ngang, “May pagkiling ang tingin mo sa kanila; personal na opinyon mo ito”—ano ang dapat mong gawin? Kung sasabihin mong, “Nakilatis ko sila, hindi nila ako maililigaw o mapipigilan, hindi ako makikinig sa mga sinasabi nila, at hindang-hindi ako susunod sa kanila. Wala akong pakialam kung nakilatis man ninyo sila o hindi. Sinabi ko na sa inyo ang tungkol sa pagpapamalas nila at ang mga bagay-bagay na ginagawa nila, at sa maniwala man kayo o hindi, makinig man kayo o hindi, natupad ko na rin naman ang responsabilidad ko. Kung nailigaw o nakontrol nila kayo, kung nakinig kayo sa mga sinasabi nila at sinunod ang mga ito, tama lang ang kinahinatnan ninyo at nararapat lang sa inyo ang kamalasan!”—katanggap-tanggap ba ang diskarteng ito? Nabibilang ba itong pagtupad ng responsabilidad ninyo? Nabibilang ba itong katapatan sa Diyos? (Hindi.) Kung gayon, ano ang dapat ninyong gawin? Hindi maiiwasan ang gayong mga bagay; tiyak na lilitaw ang gayong mga usapin. Ang ilang tao, kahit gaano pa karaming sermon ang marinig nila, hindi nila maunawaan ang katotohanan, at hindi nila maiugnay ang mga pagpapamalas ng mga anticristo sa mga sermong narinig nila o kilatisin ang mga ito. Kapag malinaw pa sa tirik na araw na anticristo nga ang isang tao, hindi talaga nila makita ang tunay na kalikasan ng taong iyon at naliligaw pa rin sila. Maliban kung personal silang saktan ng mga anticristo, pigilan mismo sila, pagalitan sila, pungusan sila, o may masamang gawin sa harapan mismo nila, hindi nila tatanggapin na anticristo nga ang mga ito. Kahit nagsasalita pa ng totoo ang iba o naglalahad ng ebidensiya, hindi nila paniniwalaan ito. Kailangang makita mismo ng kanilang mga mata ang ginagawa ng mga anticristo at personal na maranasan ang pang-aabuso ng mga anticristo bago pa nila aminin ito. Ano ang dapat gawin tungkol sa sitwasyong ito? (Hayaan silang sumunod sa mga anticristo at maranasan ang pang-aabuso; magigising lang sila kapag naabuso na sila.) Hindi ba’t masyado namang malupit ito? (Hindi ito pagmamalupit sa kanila. Hindi maunawaan ng gayong mga tao ang katotohanan sa pamamagitan ng pagbabahagi, at maaari lang silang magkaroon ng kabatiran at magising sa pamamagitan ng personal na pagdanas ng pang-aabuso. Samakatwid, ito lang ang tanging paraan para pakitunguhan ang gayong mga tao.) Isa itong prinsipyo. Hindi nakakaunawa ang ilang tao kapag kinausap mo sila sa positibong paraan; wala silang kakayahang maarok ito. Halimbawa, kung sasabihin mo sa kanila, “Mapanganib ang lugar na iyon; kung mag-isa kang maglalalakad sa gabi,

baka may makasalubong kang mga holdaper. Nangyari na ito sa ilang tao. Huwag kang maglalalakad sa gabi; umuwi ka nang maaga!” Hindi sila naniniwala rito at nagpupumilit na maglakad nang mag-isa sa gabi nang walang kasama. Kung ganoon, hinahayaan mo silang maglakad nang mag-isa pero palihim na pinoprotektahan sila, tinitiyak na hindi sila aktuwal na mapapasok sa gulo. Pagtupad ito sa iyong responsabilidad. Kapag dumating ang totooong problema, mapoprotektahan mo sila, mailalayo mo sila sa anumang gulo, at matutulungan mo silang matuto ng leksyon at tandaan ito. Kalaunan, maniniwala na sila na tama ang mga sinabi mo. Samakatwid, para sa mga taong iniligaw ng mga anticristo at hindi sila makilatis kahit gaano pa ibahagi ang katotohanan, kailangan nilang magdusa ng matinding pinsala, matuto ng leksyon, at tandaan ito upang paunlarin ang kakayahang makakilatis. Hindi makita ng mga taong magugulo ang isip at mga bumabalewala sa payo ang tunay na kalikasan ng kabuktutan at kalupitan ng mga anticristo, at tinatrato pa nga nilang kapatid ang mga anticristo, nakikisalamuha sa mga ito nang gayon, tinutulungan pa nga ang mga ito nang may pagmamahal at tinatrato ang mga ito ng may sinseridad, nagsasalita sa mga ito nang mula sa puso. Bunga nito, nagiging biktima sila ng mga anticristo. May mga taong kailangang saktan nang hindi lang minsan, kundi maraming beses, bago sila magkaroon ng kakayahang makakilatis. Pagkatapos, kapag nakikipagbahaginan ka sa kanila at sinusupportahan sila, naniniwala sila sa iyo. Isa itong epektibong pamamaraan, at ang ilang tao ay kailangang magdusa sa gayong mga bagay. May isang partikular na tao noon na magulo ang isip na walang kakayahang kumilatis at hindi niya lubos na matanggap noong tanggalin ng sambahayan ng Diyos ang isang anticristo. Kitang-kita naman ang masasamang gawa ng naturang anticristo, at nailalarawan siya bilang anticristo. Tanggap ito ng lahat maliban sa kanya, at walang sinumang makapagbahagi sa kanya. Kalaunan, sumama na lang siya sa anticristo. Pagkaraan ng ilang panahon, makaraang magdusa ng matinding pinsala, bumalik siyang lumuluha, kinikilala na talagang ubod nga ng sama ang anticristo. Ang totoo, masama na talaga ang anticristo dati pa, pero dahil may mabuti siyang naramdaman tungkol sa anticristo at gusto sana niyang magsipsip, pinalampas at pinagtiyagaan niya ang lahat ng ginawa ng anticristo. Nang mawalan ng katayuan ang anticristo, nakipag-usap siya sa anticristo nang pantay ang lebel nila, at nagsimula siyang magkaroon ng mga opinyon tungkol sa ilang mga bagay na ginawa ng anticristo. Nagbago ang perspektiba niya, at nagsimula na niyang makita ang mga isyu. Sa huli, kahit sabihan mo pa siyang sumunod muli sa anticristo, tatanggi siya kaagad—handa siyang mamatay kaysa sumunod sa anticristo, dahil nagdusa siya ng matinding pinsala at nakita na niya ang tunay na kalikasan ng anticristo. Sa katunayan, ang nakita niyang tunay na kalikasan ay nasabi na sa kanya nang mas maaga, pero tumanggi siyang tanggapin o kilalanin ito. Wala nang magagawa sa bagay na iyon. Para sa gayong mga tao, kailangan nilang tumahak sa pasikot-sikot na daan at magbata ng mas maraming hirap—nararapat lamang ang kanilang pagdurusa. Bakit Ko nasabing nararapat lamang ito? Ibig Kong sabihin ay kapag may mga pagpapala ka pero tumatangging tamasahin

ang mga ito, at nagpupumilit kang magdusa—wala nang magagawa—kailangan mo munang magtiis ng hirap at magdusa. Nararapat lang ang pagdurusang ito.

Kapag nagmomonopolisa ng kapangyarihan, pangunahin nang ipinagkakatiwala ng mga anticristo ang mahahalagang gampanin sa mga walang pasubaling sumusunod sa kanila. Pagkatapos ay sinasanay nila ang mga indibidwal na iyon na nag-aatubili pa rin, na may mga isip na madaling hubugin, at dinadala ang mga ito sa kanilang panig. Kapag sapat na ang pagsasanay ng mga indibidwal na ito at naging mga miyembro na ng teritoryo ng anticristo, nakakahinga na nang maluwag ang anticristo. At sa mga natira namang hindi nila magamit, ganap na inaabandona ng mga anticristo ang mga ito, at ibinubukod ang mga ito mula sa kanilang teritoryo. Lahat ng walang pasubaling sumusunod sa kanila ay itinuturing na masusugid nilang tagasunod, mga tapat na miyembro ng kanilang teritoryo. Itinuturing nila ang mga indibidwal na ito bilang mga tagasunod, tagasuporta, at taong mapagkakatiwalaan nila. Nangingibabaw ang kapangyarihan nila sa loob ng grupong ito; ibig sabihin, epektibo itong nagagamit sa pamamagitan nila. Samakatwid, masasabi na kapag minomonopolisa ng mga anticristo ang kapangyarihan, ginagawang sarili nilang teritoryo ang sambahayan ng Diyos, namumuhunan sila ng matinding pagsisikap. Nagsasagawa sila ng iba't ibang pagkilos at nagbabayad ng malaking halaga para rito, pero ang resulta ng halagang ito ay pakikipag-alitan sa Diyos, sa katotohanan, at sa lahat ng kapatid na nagsisipaghangad sa katotohanan. Ano ang halaga at saysay ng kapangyarihang ito? Ang halaga nito ay ang pagkakaroon ng mga anticristo ng kapital para makipagtunggali laban sa Diyos at sa Kanyang sambahayan, nagtatayo sila ng sarili nilang mga muog, bumubuo ng mga nagsasariling kaharian, at gumagamit ng matinding kapangyarihan nang hindi umaasa sa iba.

II. Minamanipula ng mga Anticristo ang mga Sitwasyon

Bago ito, nagbahaginan tayo tungkol sa unang pagpapamalas ng pagtrato ng mga anticristo sa sambahayan ng Diyos na parang sarili nilang personal na teritoryo: ang pagmomonopolisa sa kapangyarihan. Pagdating sa pagmomonopolisa sa kapangyarihan, pangunahin na nating ibinahagi ang tungkol sa espesipikong nilalaman ng kung paano nakakakuha ng kapangyarihan ang mga anticristo, kung paano nila pinatatatag ang kanilang katayuan matapos itong makuha at patuloy na pinalalakas ang kapangyarihang iyon, at sa huli, kung paano nila ginagamit ang kapangyarihang iyon. Bukod sa pagmomonopolisa sa kapangyarihan, ang pangalawang kongkretong nakaugaliang gawin ng mga anticristong tinatratong parang sarili nilang personal na teritoryo ang sambahayan ng Diyos ay ang pagmamanipula sa mga sitwasyon. Madali na lang dapat maunawaan ang literal na kahulugan ng pagmamanipula sa mga sitwasyon, kaya saan naman tumutukoy ang “mga sitwasyon”? Pagkatapos mamonopolisa ng isang anticristo ang kapangyarihan, makapagtatag ng sarili niyang teritoryo, makapag-tipon ng sarili niyang masusugid na tagasunod, kaalyado, at mapalawak ang balwarte niya, makakapayag ba siyang makialam ang iba sa kanyang gawain? Mapapahintulutan ba niya ang iba na makialam o

manghimasok sa mga bagay-bagay at sa balwarte na pinangangasiwaan niya? (Hindi niya ito pinapahintulutan.) Para sa isang anticristo, kapangyarihan ang siyang buhay niya. Sa loob ng balwarte niya, siya ang dapat magdikta sa lahat ng bagay. Kahit ano pa ang mangyari sa loob ng balwarte niya, siya dapat ang magmanipula at kumontrol sa lahat ng tao at bagay na sangkot, pati na sa huling kalalabasan ng mga bagay-bagay. Dapat itong umayon sa mga kagustuhan niya at makatugon sa kanyang mga pangangailangan, nang hindi siya nawawalan ng anuman. Halimbawa, kung hindi niya pakikialaman, panghihimasukan, o mamaniplulahin ang isang partikular na bagay, bagkus hahayaan na lang itong kusang mangyari, baka sumama ang reputasyon niya o isumbong siya ng isang tao at matanggal siya, na baka ikalagay pa sa alanganin ng katayuan niya at mawala pa ang taglay niyang kapangyarihan. Kaya, sa lahat ng klase ng bagay, malaki man at maliit, na nangyayari sa loob ng iglesia, dapat harapin ng anticristo ang mga ito nang mag-isa. May kinalaman ang mga bagay na ito sa reputasyon at katayuan niya, pati na sa kanyang kapangyarihan. Pagdating naman sa mga bagay na walang kinalaman sa kapangyarihan niya, puwede niyang piliing huwag usisain ang mga ito o magbulag-bulagan dito. Lalo na pagdating sa gawain ng sambahayan ng Diyos, sa buhay pagpasok ng mga kapatid, sa buhay iglesia, at sa mga ganoong iba't ibang bagay, basta't hindi nakakaapekto ang mga ito sa katayuan at kapangyarihan niya at basta't walang kinalaman ang mga ito sa mga interaksyon niya sa ang Itaas, wala siyang pakialam, hindi niya inuusisa, o iniintindi ang mga ito. Halimbawa, mahalaga sa kanya ang buwanang bilang ng mga tao na naibunga ng pangkat ng mga taga-ebanghelyo dahil nakakaapekto ito sa katayuan niya. Kung masisiguro ang katayuan niya sa pamamagitan ng iniuulat na bilang kada buwan, gagawin niya ang lahat para maabot ang bilang na iyon para maingatan ang kanyang katayuan habang nananatili namang wala siyang pakialam sa iba pang mga bagay. Halimbawa, sabihin na nating kailangang magbunga ng isandaang tao sa isang buwan ang lugar na pinangangasiwaan niya sa ilalim ng mga normal na sitwasyon. Pero, kung dahil sa hindi ito tinutulutan ng kapaligiran, mga espesyal na sitwasyong nangyayari sa buwang iyon, o ilang tao na nasa yugto pa rin ng kanilang pagsisiyasat, hindi umabot sa isandaan ang bilang ng mga tao na naibunga, saka ngayon tututukan nang husto ng anticristo ang bagay na ito at mag-aalala nang husto. Ano ang ipinag-aalala niya? Nabibigatan at nag-aalala ba siya dahil nakikita niyang hindi maayos ang takbo ng pagpapalaganap ng ebanghelyo ng Diyos? Ito ba ay dahil walang pasanin at pabaya sa tungkulin ang mga nangangaral ng ebanghelyo, at nag-aalala siya kung paano niya sila didiligan at lulutasin ito? O alalahanin ba ito tungkol sa kakulangan ng mga taong mangangaral ng ebanghelyo, at kung paano niya ito dapat isaayos at dagdagan? Hindi, hindi siya nag-aalala tungkol sa mga bagay na ito. Nag-aalala siya kung paano niya paaabutin ng isandaan ang bilang na iyon nang hindi natutuklasan ng ang Itaas ang mga pailalim niyang pamamaraan. Kung walumpu lang ang aktuwal na bilang sa halip na isandaan at ito talaga ang iuulat niya, baka magpadala ng tao ang ang Itaas para mag-imbestiga at alamin pa ang tungkol sa sitwasyon,

kaya paano niya maiuulat ang bilang para wala nang magiging reaksiyon ang ang Itaas? Siyamnapu't walong tao ang iuulat niya. May magsasabi, "Hindi ka maaaring magpalsipika nang ganito; pandaraya ito, hindi ito katanggap-tanggap." Sasagot naman siya, "Ayos lang ito. Ako ang masusunod; kung may mangyari man, ako ang bahala." Bakit itong partikular na bilang na ito ang iniulat niya? May mas malalim bang kahulugan sa likod nito? Pinag-isipan ba niya ito nang mabuti? Oo. Masyadong malaki ang magiging diperensiya kung isandaang tao ang iuulat niya samantalang walumpu lang talaga ang aktuwal na bilang, magiging mahirap pagtakpan ang kasinungalingan pagdating ng panahon. Pero, kung siyamnapu't walo ang iuulat niya, kahit na makikita ng ang Itaas na mas mababa ito sa isandaan, mukhang lehitimong bilang naman ito at hindi na mangangailangan pang mag-inspeksiyon ang ang Itaas, na makapagtitiyak naman sa seguridad ng katayuan niya. Minsan, kung nakapagbunga siya ng isandaang tao, nangangahas siyang dalawandaan ang iulat, at kung may papuntahin ang ang Itaas para mag-imbestiga, may mga diskarte siya para pangasiwaan ito. Sinasabi niyang ang sobrang isandaan ay kasalukuyang nagsisiyasat at maibubunga sa susunod na buwan. Kung walang papapuntahin ang ang Itaas para inspeksyunin ito, gagawa naman siya ng paraan para ipagmayabang ang mga kontribusyon niya. Minsan, kung wala siyang ni isang tao na naibunga sa isang buwan, nag-uulat pa nga siya nang di-totoo na nakapagbunga siya ng tatlumpu o limampung tao, pagkatapos ay nag-iisip siya ng paraan para makabawi sa susunod na buwan. Sa madaling salita, pagdating sa pag-uulat ng bilang ng mga tao na naibunga sa pamamagitan ng pangangaral ng ebanghelyo, kaya ng anticristo na palsipikahin ang mga ito, magsinungaling tungkol sa mga ito, mandaya, at gumamit ng mga pailalim na pamamaraan. Kung paano iuulat ang isang bilang, at kung anong bilang ang iuulat, ang anticristo ang direktang magsasabi nito. Hindi ba't pagmamaniipula ito sa mga sitwasyon?

Ginagamit ng anticristo ang katayuan at kapangyarihan niya para laging pakialaman at guluhin ang paggampan ng mga hinirang ng Diyos sa mga tungkulin nila. Pinipigilan at ibinubukod niya ang sinumang gumagawa batay sa mga prinsipyo at epektibong gumagampan sa kanilang tungkulin. Ano ang layon niya sa pagkilos nang ganito? Ito ay para manipulahin ang mga sitwasyon; ipinapakita niyang kontrolado niya ang lahat, sinusupil ang mga nasa ilalim niya at niloloko ang ang Itaas. Ano ang pakay niya sa pagmamaniipula sa mga sitwasyon? Ito ay para hindi mabunyag ang katotohanan, para hindi malaman ng mga tao ang katotohanan, para lokohin ang ang Itaas, para itago ang aktuwal na sitwasyon ng gawain niya sa ibaba, at para ikubli kung talaga nga bang may nagawa siyang aktuwal na gawain o wala at kung paano niya ginawa ang kanyang gawain. Ang pakay niya sa pagmamaniipula sa mga sitwasyon ay ang pagtakpan ang mga totoong nangyari, itago ang katotohanan, at ikubli ang masasama niyang intensyon, at ang itago rin ang kanyang masasamang gawa, ang mga suwail niyang pagkilos, at ang katotohanan tungkol sa kung paanong hindi siya gumagawa at hindi niya kayang gumawa ng anumang aktuwal na gawain, at marami pang iba. Halimbawa, kapag may

kailangang pera ang sambahayan ng Diyos at nagtatanong ito kung gaano kalaking handog ang hawak ng iglesia niya, tinatanong muna ng anticristo kung magkano ang kailangan ng sambahayan ng Diyos. Kung sasabihin mong kailangan mo ng ilang libo, sasabihin niyang iilang daan lang ang mayroon siya; kung sasabihin mo namang kailangan mo ng sampu-sampung libo, sasabihin niyang iilang libo lang ang mayroon siya. Ang totoo, sampu-sampung libong yuan na mga handog para sa iglesia ang hawak niya at hindi siya pumapayag na ibigay ito. Hindi ba't may itinatago siyang masasamang intensyon kapag ganito? Ano ang gusto niyang gawin? Gusto niyang kamkamin ang mga handog na ito para sa personal niyang gamit. Nabibilang ba itong pagmamaniupula sa mga sitwasyon? (Oo.) Minamaniupula ng anticristo ang mga sitwasyon, maging ang mga handog ay hindi niya pinalalagpas. Kung tatanungin mo siya kung may mahusay ba sa pagsusulat, musika, o paggawa ng video sa iglesia niya, baka sabihin niya, "May mahusay sa amin sa pagsusulat na pitumpu't walong taong gulang na, isang dating mamamahayag na may malalang karamdaman sa sikmura." Ang totoo, nasa mga tatlung taong gulang lang ang taong ito, malakas pa, at walang nararanasang anumang matinding sakit sa sikmura. Bakit hindi niluluwagan ng anticristo ang pagkakakapit niya? Bakit siya nagbibigay ng maling impormasyon? Gusto niyang manipulahin ang mga sitwasyon. Naniniwala siyang makakaapekto sa pamumuno niya kung pakakawalan niya ang ganoong talento; gusto niya ring panatilihin ang mga talentadong indibidwal na ito. Sa kanya ba talaga ang mga talentadong tao na ito? (Hindi.) Kung gayon, bakit ayaw niyang pakawalan ang mga ito? Bakit hindi niya ibinibigay ang mahuhusay na taong ito kapag kailangan sila ng gawain ng sambahayan ng Diyos at pinepeke pa nga niya ang impormasyon? Gusto niyang ilihis ang mga tao para maingatan ang katayuan niya—talaga ngang minamaniupula niya ang mga sitwasyon. Hindi niya tinatanong ang mga taong sangkot kung payag ba silang gawin ang mga tungkuling ito, ni hindi niya ipinipresenta sa sambahayan ng Diyos ang tunay na sitwasyon ng mga taong ito. Sa halip, pinapanatili niya ang mga ito para sa personal niyang gamit, o kung hindi man niya sila gagamitin, hindi pa rin niya ibibigay ang mga ito sa sambahayan ng Diyos. Halimbawa, kung kailangan ng sambahayan ng Diyos ng video producer mula sa iglesia, nakikita ito ng anticristo at naiisip na, "Ang makapagbigay ng isang taong mahusay sa paggawa ng mga video—mapapalampas ko ba ang isang magandang oportunidad na gaya nito? Ang patubig sa sariling palayan lang dumadaloy: May kaunti namang nalalaman ang anak kong babae, anak kong lalaki, at ang ilan kong kamag-anak sa paggawa ng video, kaya sila na lang ang irerekomenda ko, nakakatugon man sila sa mga hinihingi ng sambahayan ng diyos o hindi." Kapag nahaharap sa isang magandang oportunidad gaya ng pagrekomenda ng mga tao, inuuna niya ang mga kamag-anak at kaibigan niya, at hindi niya binibigyan ng pagkakataon ang mga tagalabas. Hindi ba't pagmamaniupula ito sa mga sitwasyon?

Batay sa mga halimbawang nabanggit sa itaas, saan ba talaga tumutukoy ang pagmamaniupula ng mga anticristo sa mga sitwasyon? Hindi ba't nangangahulugan itong

dinodomina ng anticristo ang lahat, kinokontrol at minamanipula niya ang lahat ng tao at ang lahat ng bagay? Ang lahat ng bagay ay hawak niya sa kanyang mga kamay, at siya ang masusunod sa lahat ng bagay; siya ang kumokontrol sa lupon, pinangangasiwaan at minamanipula ito mula sa likod ng mga eksena. Ito ang pagmamanipula sa mga sitwasyon. Kapag may taong pinapunta ang ang Itaas sa iglesia niya para maunawaan ang sitwasyon, at gusto ng taong ito na makipag-usap sa ilang tao at kumustahin ang lagay ng buhay pagpasok ng mga kapatid at ang paggampan sa mga tungkulin nila, at tingnan kung naipamahagi ba ang mga materyal gaya ng mga aklat ng mga salita ng Diyos at mga recording ng sermon sa bawat isang hinirang ng Diyos, sinasabi ng anticristo, “Walang problema, sasamahan kita sa tahanan ng dalawang kapatid.” Sino ang dalawang taong ito? Hindi ba’t kapwa sila mga taong nasa teritoryo ng anticristo? (Oo, ganoon na nga.) Ang dalawang taong ito ay ang nakababata niyang kapatid na babae at ang nakababatang kapatid na lalaki ng asawa niya. Matapos samahan sa dalawang bahay na ito ang taong ipinadala mula sa ang Itaas, sasabihin ng dalawang taong ito, “Maganda ang takbo ng aming buhay iglesia, at may iba’t ibang uri kami ng sermon at pagbabahaginan at mga video na naglalaman ng mga patotoo. Ilang araw nang wala ang lider ng iglesia namin para sa gawain ng iglesia at hindi pa siya nakakauwi.” Kahit sino pa ang papuntahin sa iglesia niya, hindi talaga nila maarok kahit katiting ng tunay na sitwasyon. Pinagtatakpan ng anticristo ang lahat ng bagay patungkol sa totoong sitwasyon sa iglesia, ang mga problemang lumitaw, ang masasamang tao na nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan, kung sino ang gumagampan nang pabasta-basta sa mga tungkulin nila, kung aling mga gawain ang nakaranas ng mga aberya, at iba pa. Ang makikita mo pagpunta mo roon ay mga eksena lang na kaaya-ayang tingnan—pakitang-tao lang ang lahat ng ito. May isang bagay lang na kapansin-pansin: Kung magtatanong ang taong ipinadala mula sa ang Itaas kung may angkop bang lugar para paglagyan ng mga handog sa iglesia at kung kailangan bang kunin na ang ilan sa mga handog, nagmamadali ang anticristong sabihin na hindi naman ganoon kalaki ang mga handog sa iglesia. Pagdating sa iba pang mga gawain, positibo ang pananalita niya, maliban sa sitwasyong may kinalaman sa mga handog—pinuputol niya kaagad ang usapan bago pa makapagsalita ang taong iyon. Kinokontrol ng anticristo ang mga tauhan ng iglesia na naaangkop sa paggampan sa iba’t ibang tungkulin, habang inirerekomenda ang ilan sa mga taong kinagigiliwan niya o ang mga hindi nakakatugon sa mga kondisyon na gumampan ng tungkulin sa sambahayan ng Diyos, lalo na ang ilang partikular na taong may masamang pagkatao at kung saan kumikilos ang isang masamang espiritu, o ang iba na wala talagang espirituwal na pang-unawa, na karumal-dumal ang pagkatao, mga pabasta-basta kung gumampan sa mga tungkulin nila, mga walang pundasyon sa kanilang pananalig sa Diyos, at para bang mga walang pananampalataya lang. Maliban sa paggampan sa tungkulin nila nang pabasta-basta, nagdudulot din ang mga taong ito ng mga kaguluhan at pagkagambala at kumikilos nang walang habas, at hindi kaya ng ilan na tiisin ang hirap at gusto nang

umalis sa sambahayan ng Diyos. Nagkakalat pa nga ang ilan ng walang batayang mga tsismis at nagpapalaganap ng mga kuru-kuro, at ang iba ay hindi gumagampan nang maayos sa mga tungkulin nila, ginugugol ang kanilang mga araw sa panonood ng mga drama sa telebisyon o ng iba pang walang katuturang video. At ano ang nangyayari sa huli? Tinatanggal ang ilan sa mga taong ito. Sa mga pinaalis, mahigit siyamnapu't limang porsyento sa kanila ang may masamang pagkatao. Gaano kasama ang kanilang pagkatao? Sobrang sama—wala silang pagkatao, at hindi talaga nananampalataya sa Diyos ang ilan. Saan nanggaling ang mga taong ito? Hindi ba't inirekomenda silang lahat ng iglesia? Dahil rekomendado sila ng iglesia, may problema siguro sa mga taong nagrekomenda sa kanila. Hindi maiaalis sa isip na baka mga anticristo ang ilan sa mga taong ito, at na baka mga kamag-anak, kaalyado, o masusugid na tagasunod ng mga anticristo ang mga inirekomendang indibidwal. Hindi ba't ganito ang kaso? Magagawa ba ng isang taong may tunay na pagkatao at may kaunting konsensiya na maingat na gawin ang mahalagang bagay na pagrerekomenda ng mga talentadong indibidwal? Kaya ba nilang maging responsable kahit kaunti? Kaya ba nilang alisin ang ilan sa mga makasarili nilang motibo? Kayang-kaya itong makamit ng isang taong may pagkatao at konsensiya, at may isang uri lang naman ng tao na hindi, ang mga anticristo. Gusto nilang solohin ang lahat ng mabubuting bagay para sa sarili nila, at tahasan silang tumatanggi at ayaw nilang makipagtulungan sa anumang bagay na hindi kapaki-pakinabang sa kanila—ganoon ang mga anticristo.

May isa pa ngang mas kasuklam-suklam na aspekto ng pagmamanipla ng mga anticristo sa mga sitwasyon bukod sa lagi nilang gustong kontrolin ang lahat at idikta ang mga bagay-bagay sa iglesia. Magagawa ba ng mga anticristo na nakikipagsabwatan sa masusugid nilang tagasunod na magpasakop sa mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos, na gumampan nang maayos sa mga tungkulin nila, na itaguyod ang gawain ng sambahayan ng Diyos, at tuparin ang mga responsabilidad at obligasyon nila? (Hindi, hindi nila magagawa.) Iyon ang dahilan kaya sinabi Kong nagsasabwatan sila. Kapag sinabing nagsasabwatan sila, nagiging malinaw na ang lahat ng sinasabi at magkakasama nilang ginagawa ay kinapapalooban ng mga lihim na hindi etikal na gawain. Sa panlabas, mukhang palakaibigan ang mga taong ito, may respeto sa senyoridad, at sobrang mapagmahal, magalang, at marespeto sa isa't isa, at gayundin ay mapitagan at may mabuting pagkatao. Ang totoo, mababaw, mapanlinlang, at mapagkunwari lang ang lahat ng ito. Paano nila nagagawang maging napakagalang at magpakita ng pinakamataas na respeto at pagpipitagan sa isa't isa? May dahilan ito. Ang layon nila sa pagsasabwatan ay hindi para matuto sila sa isa't isa na mapunan ang sarili nilang mga kahinaan o masuportahan ang isa't isa sa pagpasok sa katotohanang realidad para makasunod sa kalooban ng Diyos at magawa nang maayos ang gawain ng iglesia. Sa halip, ito ay para makapanamantala, makaasa, at magdamayan sila sa isa't isa. Nagsasabwatan sila dahil kapag mas maraming tao, mas malakas ang kapangyarihan, at kapag mas malakas ang kapangyarihan, mas madaling harapin ang mga bagay-bagay, at napapabilis nito ang

pag-aasikaso sa mga pribadong bagay. Kaya, kapag magkakasama sila, mukha silang lubhang palakaibigan, na para bang malapit silang magkakapamilya. Magalang silang makipag-usap sa mga nakatatandang indibidwal, tinatawag na “kapatid” ang mga kaedad nila, sinasabi ang mga salitang ito nang may pagmamahal at puno ng pagsunod sa nakasanayang gawi. Kung walang alam ang isang tao tungkol sa mga tunay na nangyayari sa sitwasyong iyon, baka purihin pa nga niya ang mga taong ito para sa pagmamahal, pagdamay, at pagtitiwala nila sa isa’t isa; mukhang handa silang tumulong sa panahon ng kagipitan, at masayang-masaya sila at kontento, sinasabing, “Magkakapamilya tayong lahat; iisang diyos lang ang pinananampalatayaan natin.” Habang nagsasalita sila, ibinabahagi nila ang kanilang pagmamahal sa pamamagitan ng mga makahulugang sulyap, na lalong kumukumpirma na isang pamilya nga sila at isang grupong magkakadikit. Kaya, ano ba mismo ang ginagawa nila kapag nagsasabwatan sila? Halimbawa, general manager sa isang kompanya ang isa sa mga nakatatandang sister at marami siyang kakilala at koneksiyon sa lipunan. Marami na siyang nagawa para sa mga tao sa teritoryo ng anticristo, at napagbigyan na niya ang mga pabor ng karamihan sa mga tao, kaya “ate” ang tawag nila sa kanya. Sa tuwing may problema sa bahay ang isang tao, gaya ng lalaking anak na papasok sa unibersidad o babaeng anak na naghahanap ng trabaho, siguradong kokonsulta ito sa kanya at hihingan siya ng tulong sa paglutas sa mga bagay-bagay. Kapag may naospital, at may isang tao sa iglesia na nagtatrabaho sa isang ospital at makakatulong sa kanilang makakuha ng mga imported na gamot, biglang ituturing ng anticristo ang taong ito bilang isang pinagkakatiwalaang tao at kapamilya. Nagsasabwatan sila para asikasuhin ang ganoong mga trabaho, kapwa makinabang sa isa’t isa, at lumikha ng mga sitwasyon kung saan kapwa sila panalo. Samakatwid, kapag magkakasama sila, mukhang magkasundong-magkasundo sila at nagkakaisa, masayang-masaya at hindi kailanman nag-aaway. Pero, sa likod ng katiwasayang ito, sikretong nagkikimkim ang bawat tao ng mga lihim na motibo, iniisip kung paano pagsasamantalahan ang kabilang partido at paano gagamitin ang iba, pati na kung paano nila tutulungan ang iba habang pinakikinabangan ang isa’t isa at sinusuklian ang mga pabor ng ibang tao. Kapag naitatag na ng anticristo ang teritoryo niya at nagkaroon na siya ng masusugid na tagasunod, may pangkat at “pamilya” na siyang tutulong sa kanya sa lahat ng maliliit na bagay sa pang-araw-araw na buhay. Halimbawa, pagdating sa paghahanap ng trabaho, pagpasok sa kolehiyo, pagtaas ng ranggo, pagharap sa isang malubhang sakit, paglipat sa ibang lugar, o kahit paghahanap ng isang taong magbabayad ng pera bilang mediator para makalaya sa kulungan pagkatapos nilang maaresto—may isang taong mag-aasikaso sa lahat ng bagay na ito. Mula sa perspektiba ng anticristo, hindi ba’t kapaki-pakinabang ang “mga kapamilyang” ito? Hindi ba’t maaasahan sila? Hindi ba’t maaasahan at matutulungan nila ang isa’t isa? (Oo.) Samakatwid, sa loob ng teritoryong gaya nito, ang nakikita ng isang tao ay hindi ang interaksyon sa isa’t isa ng mga tao kung saan ang mga salita ng Diyos ang kanilang prinsipyo, o mga taong kumikilos ayon sa konsensiya nila,

namumuhay ayon sa mga salita ng Diyos, sumasamba sa Diyos, nakikisalamuha nang normal sa isa't isa, buong pusong nagbabahaginan, binubuksan ang puso nila at inilalantad ang kanilang sarili, nagbabahaginan at nalalaman ang tungkol sa sarili nilang tiwaling disposisyon, o natututo mula sa isa't isa para punan ang sarili nilang mga pagkukulang—walang ganoon. Ang samahang ito, ang teritoryong ito, ay ang teritoryo ng grupo ng anticristo, kung saan walang kapangyarihan ang katotohanan, kung saan hindi kumikilos ang Banal na Espiritu, at kung saan wala sa puso ng mga tao ang mga salita ng Diyos. Sa halip, namumuhay rito ang grupo ng anticristo nang kontento, komportable, at may kasiyahan, tinatrato ito na parang sarili nilang tahanan. Ang totoo, hindi ito ang sambahayan ng Diyos, ni ang iglesia; ito ay lipunan, ang grupo ng anticristo.

Ginagawa ng mga anticristo na sarili nilang teritoryo ang iglesia, ginagawa itong isang samahan at grupo nila. Mga mapanira at nakakamuhing gawa ang ginagawa nila, at nagsasalita at ganap silang kumikilos gamit ang mga taktika at pamamaraan ng mga walang pananampalataya. Ang bawat isa ay mapambola, walang kuwentang magsalita, puro basag-ulo ang alam, lihim na mapanira at buktot, at ayaw tanggapin ang katotohanan. Kung titingnan sa panlabas, nagbabalatkayo sila bilang mga taong may pinag-aralan, sibilisado, magalang, disiplinado, at may mabuting asal, may kakayahan at mabuting pagkatao. Pero ang totoo, ang bawat isa sa kanila ay lihim na mapanira, tuso, mababang-uri, at may buktot na pagkatao. Nagsasabwatan sila, nagpaparami ng mga koneksiyon, nakikipagkompetensiya para sa impluwensiya, iniintindi ang luho, at binibigyang-diin ang mga ugnayang panggrupo at pantrabaho sa lipunan. Iniintindi nila kung sino ang mas maimpluwensiya, ang may mas mataas na katayuan, at ang may mas katanyagan sa lipunan, pati na kung sino ang pinakamahusay pagdating sa mga estratehiya. Wala kang makikitang anumang tunay na pananampalataya mula sa pananalita at pag-uugali nila; lalo pang hindi ka makakakita ng pinakamaliit na puwang para sa mga salita ng Diyos at sa katotohanan sa puso nila. Isa lang laro at panloloko ang kanilang pananampalataya. Ginawa ng mga buktot na taong ito na isang samahan ang iglesia, isang teritoryo para magsabwatan ang mga taong buktot, habang walang-tigil nilang ipinapahayag ang matatayog nilang salita, at sinasabing: “Nananampalataya kami sa diyos, ginagawa namin ang aming mga tungkulin sa sambahayan ng diyos, sinusunod namin ang diyos nang ganito, nag-aambag para sa kapakanan ng mga kapatid namin sa ganoong paraan, tinutulungan at sinusuportahan sila nang ganito, at minamahal ang isa't isa sa ganito at ganyang paraan.” Sa pamamagitan ng mga buktot na paraan na naglilihis at sumisilo sa mga tao, kasama na ang iba't ibang mabababang-uring pamamaraan, pinipinsala nila ang mga kapatid, pero naniniwala silang ginagawa nila ang kanilang tungkulin, na tinutulungan ang mga kapatid, niluluwalhati ang Diyos, at nagpapatotoo sa Kanya. Ang hindi nila namamalayan, sa likod ng mga kilos at pag-uugaling ito, naroroon ang diwa ng mga anticristo na minamanipula ang mga sitwasyon. Sinisilo ng mga anticristo ang mga sumusunod sa Diyos sa ilalim ng kapangyarihan nila, kung saan ginagawa nilang sarili nilang teritoryo ang iglesia, ginagawang isang

samahan, at isang organisasyon ng mga taong nasa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas. Maituturing pa bang iglesia ang ganoong organisasyon? Malinaw na hindi. Hindi ba't sadyang nakakasuka ang ugali ng mga anticristo? Nakakita na ba kayo ng ganitong grupo ng anticristo? Ano ang nararamdaman mo kapag kasama mo sila? Sa panlabas, mukha naman silang magalang at mabait—pero kapag ibinabahagi mo na sa kanila ang katotohanan at ang mga layunin ng Diyos, pagkasuklam at kawalan ng interes ang saloobing ipinapakita nila, taliwas sa ipinapakita nilang paggalang at kabaitan. Kapag ibinahagi mo sa kanila ang katotohanan, pakiramdam nila, tagalabas ka, lalong-lalo na kapag ibinahagi mo ang tungkol sa gawain ng iglesia; kapag ibinahagi mo pa ang tungkol sa mga katotohanang prinsipyo na dapat isagawa sa paggampan ng tungkulin, naaasar sila at nawawalan ng gana, at doon na nila ibinubunyag ang kanilang pagiging malademonyo, nagkakamot sila ng ulo, humihikab, at nagluluha ang mata nila. Hindi ba't abnormal ito? Bakit lumilitaw ang kanilang pagiging malademonyo kapag ibinahagi mo na ang katotohanan? Hindi ba't ang bawat isa sa kanila ay may maraming pagmamahal sa kanilang mga puso? Paano nila nagagawang mawalan ng gana kapag nagsisimula ka nang magbahagi ng tungkol sa katotohanan? Hindi ba sila nabubunyag kung ganoon? Wala ba silang matinding pagkamasigasig at katapatan sa pagsasagawa ng mga panlabas na gawain? At kung tapat sila, wala ba silang taglay na realidad? Kung may taglay silang realidad, masaya dapat sila kapag naririnig nilang nagbabahagi ang mga tao tungkol sa katotohanan, dapat nilang kasabikan ito. Bakit palaging hindi normal ang kalagayan nila, at may pagsapi pa nga ng masasamang espiritu na nangyayari? Ipinapakita nitong ang karaniwan nilang matiwasay na mga interaksyon, at ang pagiging magalang at mabait nila, ay pakitang-tao lang. Ang mga salita ng paghatol ng Diyos at ang mga katotohanang ipinapahayag Niya ang siyang ganap na nagbubunyag sa kanila. Pagkatapos ay namumuo ang galit sa loob nila, at talagang hindi na katulad ng dati ang kalagayan nila, at nagsisimula na silang gumawa ng masama at magdulot ng mga kaguluhan. Pagkatapos, ibibigay na sila ng Diyos kay Satanas at hindi na Niya iintindihin pa ang mga ito. Sa dami ng mga buktot na ginawa nila, naipakita na nila ang tunay nilang kulay.

Talaga ngang isang realidad na minamanipula ng mga anticristo ang mga sitwasyon. Sa mga di-gaanong malalang kaso, isang tao ang nagmamanipula sa isang partikular na bilang ng mga tao; sa malalalang kaso naman, isang grupo ang nagmamanipula sa isang partikular na dami ng tao at sa lahat ng bagay. Limitado ang dami ng mga bagay at pangyayari na kayang manipulahin ng isang tao; kaya, para mapalawak ang puwersa nila at maingatan ang kanilang katayuan, dapat magsanay ng isang pangkat ng mga tao ang mga anticristo. Kailangan nilang akitin at kontrolin ang isang grupo ng mga tao para alalayan sila, siguruhin ang katayuan at kapangyarihan nila, at tulungan silang manipulahin ang mga sitwasyon. Sa sandaling maitatag na ng mga anticristo ang grupo nila, mas lumalaki ang kanilang balwarte, kaya lalo nilang namamanipula ang mas maraming bagay, at lumalawak ang pagkasangkot nila. Dahil dito, nadaragdagan ang

bilang ng mga biktima. Ano ang dapat ninyong gawin kung makasagupa kayo ng grupo ng isang anticristo na may kakayahang manipulahin ang mga sitwasyon? Nakakita na ba kayo ng ganoong grupo? Ang mga pangunahing miyembro ng grupong ito ay karaniwang binubuo ng apat o limang indibidwal, o mahigit sa sampu. May kanya-kanyang gampanin ang bawat isa. Halimbawa, may mga dalubhasa sa pagsasaayos ng mga tauhan, may mga humahawak ng pananalapi, may mga humaharap sa ang Itaas, at may mabibilis magtakip ng mga bagay-bagay para sa anticristo kahit ano pa ang mangyari; may mga nagpapayo rin sa likod ng mga pangyayari, mga nagpaplano ng masasamang bagay para manakit ng mga tao; may mahuhusay magkalat ng mga tsismis, mga lumilikha ng sigalot, mga tumutulong sa mga taong gumagawa ng masama para gumawa ng kasamaan, mga nangangalap ng impormasyon, at maging mga nagbibigay ng mga benepisyo at nagbibigay sa kanila ng pag-aasikasong medikal. Sa madaling salita, may isang tao sa pangkat na ito para gumanap sa bawat uri ng papel. Binabalewala ng mga anticristo ang mga indibidwal na walang impluwensiya, totoo at simple, at walang abilidad na mag-asikaso ng mga bagay-bagay sa lipunan. Sa halip, espesipiko nilang pinupuntirya ang mga mananampalatayang may katayuan, reputasyon, impluwensiya, at karanasan bilang opisyal o sa pag-aasikaso ng malaking negosyo sa lipunan—mga taong marami nang karanasan sa mundo, may kakayahang gawin ang mga bagay-bagay, at makapagtamo ng magagandang bagay para sa kanila. Halimbawa, kung ang isang kotse ay nagkakahalaga ng 400,000 yuan, magagawa ng isang magaling na tao na may kakayahang laruin ang merkado na makakuha ng segunda manong kotse para sa anticristo sa kalahati ng presyo, katumbas ng isang bagong kotse. Papapasukin ba ng anticristo sa grupo niya ang ganoong indibidwal kung makikipaglapit ito sa kanya? (Oo.) Pinapapasok ng mga anticristo ang ganitong mga tao. Ano ang layon nila? Pakay nilang baguhin ang sambahayan ng Diyos, ang lugar ng gawain ng Diyos, at gawin itong isang samahan, para ang gawain ng Diyos at ang katotohanan ay hindi maipatupad sa mga tao—gusto nilang makamit ang sarili nilang mga mithiin. Kung buong puso at kaluluwang nananampalataya sa Diyos ang isang ordinaryong mananampalataya, kayang talikuran ang sarili niyang pamilya at trabaho, totoo at simple at walang abilidad na mag-asikaso ng mga bagay-bagay, gugustuhin kaya siya ng anticristo? (Hindi.) Kung parehong kaya ng asawa’t anak niya na kumita ng pera sa negosyo, may impluwensiya sila sa lipunan, at walang nangangahas na manggipit sa kanila, may anumang halaga ba sa anticristo ang isang matandang babaeng gaya nito? Kahit na maaaring wala siyang angking halaga sa paningin ng anticristo, pagdating naman sa pamilya niya, mataas ang halaga niya. Hindi siya kapos sa pera, kaya niyang patuluyin ang mga kapatid sa kanyang tahanan, at kung may mangyari man, kaya siyang tulungan ng pamilya niya na harapin ito. Ang ganitong tao ay mahalaga sa anticristo. Ginagawa ng anticristo ang lahat para akitin at mailihis ang ganitong tao, para tumindig ito sa panig niya at magamit niya ito. Masusing sinusuri ng anticristo ang mga taong kapaki-pakinabang sa kanya. Wala siyang pakialam o pagpapahalaga sa mga may

tunay na pananalig, taos-pusong nananampalataya sa Diyos, o may mabuting pagkatao, at tapat sa paggampan sa tungkulin, at pagkatapos na akayin at diligan, nagagawang magkaroon ng progreso at tunay na magbayad ng halaga. Habang lalo kang nagiging matuwid, at habang lalo kang nagkakaroon ng konsensiya at katwiran, lalo naman siyang nasusuklam sa iyo. Kung magsasalita ka nang totoo at diretsahan, masusuklam at masusuya siya sa iyo. Kapag nakita ka niya, iiwasan ka niya. Kung makikisalamuha ka sa kanya, babatiin ka lang niya pero hindi siya magsasalita mula sa puso maliban kung mahalaga ka sa kanya. Mas gusto niya ang mga taong mahalaga sa kanya, mga taong may pakinabang sa kapangyarihan at katayuan niya. Kung magagamit niya ang isang tao, at matutulungan siya nitong maisakatuparan ang mga bagay-bagay, pagtakpan ang mga totoong nangyayari, gumawa ng masasamang bagay habang naghahanap ng mga angkop na maidadahilan para sa kanya, at iligaw ang mga kapatid nang walang nakakapansin, nang walang nakakapaglantad o nakakahalata nito, magiging puntirya ang taong iyon ng pananamantala at pagrerekluta niya. Kung ang isang tao, kahit sino pa ang kausapin niya, ay laging nagsasabi ng mga pambobola, umaawit ng papuri sa mga may awtoridad, sinusunod ang sinumang may katayuan, at walang pagkilatis kanino man, gagamitin ba siya ng anticristo? May halaga ang ganoong tao para sa anticristo, pero nag-iingat din siya sa ganoong tao. Hindi niya lubos na pinagkakatiwalaan ang mga nambobola sa kanya, at hindi niya hahayaang malaman nito ang ilang partikular na bagay. Kung isasaayos ayon sa herarkiya ang mga pagpupulong, hindi niya isinasama ang ganoong mga indibidwal sa mas mahahalagang pagtitipon. Makakalahok lang ang ganoong mga balimbing na indibidwal sa mga pagtitipong hindi gaanong mahalaga o mga ordinaryong pagtitipon. Ito ay dahil kung may isa pang lider na lilitaw, baka pagtaksilan siya ng mga balimbing na indibidwal na ito at ilantad siya anumang oras. Tuso ang anticristo sa pagharap sa ganoong mga tao, kung saan ginagamit niya sila batay sa sitwasyon. Samakatwid, pagdating sa pagmamaniplula sa mga sitwasyon, napakaingat ng anticristo. Hinaharap niya ang ganoong mga bagay nang may sistematiko at sukat na pamamaraan, maingat na isinasaalang-alang kung paano kikilos at kung aling mga tao ang gagamitin para higit na makinabang. Alam nila sa kanilang isip kung sino ang malalapit na kaalyado at kung sino ang mga pangkaraniwang kaalyado.

Kapag nakipag-usap ang anticristo sa hindi niya kakilala, gaya halimbawa sa isang mas mataas na antas na lider o isang taong hindi niya masyadong kilala, inuusisa muna niya ang pagkatao nito, kung may mga partikular ba itong pinagkakaabalahan o libangan, kung may tunay ba itong pananalig, kung ilang taon na itong nananampalataya sa Diyos, kung taglay ba nito ang katotohanang realidad o nakikilatis ba siya nito, at kung may dala ba itong pasanin para sa buhay pagpasok. Sinusuri at inoobserbahan niya ang bawat aspekto, pagkatapos ay gumagamit ng iba't ibang pamamaraan para makakuha ng impormasyon mula rito at subukin ito. Kung nakikita niyang magulo ang isip ng isang tao, makakahinga na siya nang maluwa at hindi na niya pagtutuunan ng pansin ang taong ito. Pero kung mukhang tuso at hindi madaling maarok ang isang tao,

pakiramdam niya ay parang kailangan niyang maging maingat. Ang pagkontrol ng anticristo sa mga sitwasyon ay para makontrol niya ang lahat, dahil gusto niyang siya ang masunod sa lahat ng bagay, kabilang na ang lahat ng uri ng tao na nasa ilalim ng kontrol niya. Nagiging balewala lang sa kanya ang mga regulasyon ng sambahayan ng Diyos, tulad ng isang piraso ng basurang papel, at hindi umiiral para sa kanya ang mga atas administratibo at ang disposisyon ng Diyos, na para bang hangin lang ang mga ito. Hindi lang pagkontrol sa mga tao at ang pakinggan siya ng mga tao ang ambisyon at pagnanais niya; hangad niyang kontrolin ang bawat pangyayaring nararanasan ng bawat tao, pati na ang mga bagay na nangyayari mismo sa harapan niya, sa loob at maging sa labas ng balwarte niya. Ano ang layon ng pagkontrol na ito? Para masiguro ang kapangyarihan at katayuan niya pati na ang kanyang reputasyon. Isang parirala ang makapaglalarawan sa pagmamanipula ng anticristo sa mga sitwasyon: Ang lahat ay nasa ilalim ng kanyang kontrol. Kaya, hindi nangangahas ang anticristo na palampasin ang anumang bagay, malaki man ito o maliit. Hindi niya pinapalampas ang anumang bagay, gusto niyang makilahok at makialam sa anumang bagay na may kinalaman sa kanyang katayuan o sa kanyang balwarte, at hindi niya pinapalampas ang anumang pakinabang. Gusto niyang aktibong makisangkot sa maraming bagay sa loob ng iglesia, at maarok ang sitwasyon ng kung ano na ang lagay ng mga bagay-bagay. Halimbawa, kung hindi talaga nakikinig o nagpapasakop sa kanya ang ilang tao at lagi silang may mga opinyon tungkol sa kanya, humahanap siya ng paraan para pahirapan ang mga ito. Pero kung hindi siya makahanap ng anumang dahilan para pungusan sila, ano ang ginagawa niya? Humahanap siya ng paraan para kontrolin ang mga aklat at mga recording ng sermon na ipinapadala mula sa sambahayan ng Diyos. Tinutukoy niya kung sino ang makakatanggap kaagad ng mga materyal na ito batay sa kung sino ang masunurin sa kanya. Kung hindi ka makikinig sa kanya o kung magpapakita ka ng ugaling hindi niya maiibigan sa pagkakataong iyon, sasabihin niyang limitado ang mga sanggunian at hindi ka niya padadalhan ng mga ito. Sinusubaybayan ng anticristo ang kilos mo. Kung pag-iisipan mo ito nang malinaw, uunawain ito, at aarukin ang sikolohiya ng anticristo; kung boluntaryo mong aaminin ang mga pagkakamali mo, at makikipaglapit sa anticristo, makakahanap siya ng dahilan para sabihing, “Sa pagkakataong ito, nagpadala ng sapat na sanggunian ang sambahayan ng diyos para sa lahat, kasama ka rito.” Pero kung makita niyang idinidistansiya mo na naman ang sarili mo pagkaraan ng ilang panahon, pahihirapan ka pa rin niya. Ni hindi ka niya aabisuhan kapag may dumating na mga bagong sanggunian, basta wala na lang siyang ibibigay sa iyo, at baka maghanap pa nga siya ng dahilan para kumpiskahin ang mga bagay na nasa sa iyo na. Lalo na kapag natuklasan ng anticristo na baka may nakakaalam ng mga maling pinaggagagawa niya sa likod ng mga eksena at baka iulat siya nito, inuunahan na niya ito, at maagap na inaamin ang kanyang mga pagkakamali at ibinabahagi ang kaalaman niya tungkol sa sarili, kung saan gumagamit muna siya ng malumanay na pamamaraan. Kapag nakita ng anticristo na hindi uubra ang malumanay na pamamaraan, at medyo

hindi siya nakatitiyak sa puso niya, iniisip niya na baka iulat pa rin siya ng taong ito, gagawin niya ang lahat para magtawag ng mas marami pang tao para kuyugin at puwersahang sindakin ang indibidwal na ito. Magpapatuloy ito hanggang sa makipagkompromiso ang taong iyon, ipapahayag na hindi niya ito iulat, at pagkatapos lang noon, saka siya lulubayan ng anticristo. Sa ilang pagkakataon, baka mauna pa nga ang anticristo na ilantad ang iba; sa takot na baka ilantad at iulat siya ng iba, inuunahan na niya ang mga ito, sadyang hinahanapan ang ibang tao ng magagamit laban dito para akusahan ito ng hindi totoo at bitagin ito. Pagkatapos nito, humahanap siya ng dahilan para ibukod at patalsikin ang taong iyon, pinuputol ang komunikasyon nito sa ang Itaas at sa iglesia. Ngayon, makakahinga na nang maluwag ang anticristo at hindi na niya kailangang mag-alala. Hindi ba't pagmamanipula ito sa mga sitwasyon? (Oo.) Masasabing ang mga ikinilos ng anticristo sa ganoong mga bagay ay hindi lang isa o dalawang hiwalay na pangyayari o paggamit lang ng isa o dalawang pamamaraan. Para mamaniipula ang mga sitwasyon, masiguro ang katayuan niya, at nang hindi humina ang kanyang teritoryo, maraming masasamang ginagawa ang anticristo. Halimbawa, binabago niya ang mga sistema at pagsasaayos ng mga tauhan sa loob ng iglesia. Para mas marami pang tao ang makontrol, lumilikha siya ng sigalot sa pagitan ng mga kapatid, para magbatikusan ang mga kapatid at husgahan nila ang isa't isa. Sinusulsulan pa nga niya ang kanyang mga tagasunod na kuyugin ang ilang kapatid na mas may pagpapahalaga sa katarungan; sinasabi rin niya sa harapan ng mga kapatid kung gaano kataas ang tingin sa kanya ng ang Itaas. Bukod pa rito, sumusulat siya sa ang Itaas, ipinagyayabang ang kahanga-hanga niyang gawain at sinasabing nakikilala na niya ang kanyang sarili, na kaya na niyang boluntaryong ilantad ang kanyang mga isyu, at iba pa. Sumusulat siya at ipinapaalam ang tungkol sa sarili niyang mga isyu para lang subukang makakuha ng pabor sa ang Itaas. Gumagamit siya ng iba't ibang paraan at diskarte para manipulahin ang mga sitwasyon, kontrolin ang masusugid niyang tagasunod, lokohin ang mga kapatid, at lokohin din ang sambahayan ng Diyos. Ito ang iba't ibang gawi na ginagamit ng mga anticristo para kontrolin ang mga sitwasyon sa loob ng iglesia. Siyempre, marami pang ibang espesipikong gawi, pero hindi na ililista ang mga iyon dito. Sa kabuuan, pangkaraniwan na ang mga bagay na ito patungkol sa kung paano kinokontrol ng mga anticristo ang iglesia, at pangkaraniwan na rin ang iba't ibang gawing ipinapamalas nila.

III. Masusing Inuusisa at Kinokontrol ng mga Anticristo ang Puso ng mga Tao

Bukod pa sa pagmomonopolisa sa kapangyarihan at pagmamanipula sa mga sitwasyon, ano pang mga kilos ang makakakumpirma na tinatrato ng mga anticristo ang sambahayan ng Diyos na parang sarili nilang teritoryo? Pagdating sa pagmomonopolisa sa kapangyarihan, pangunahin na nating napagbahaginan ang tungkol sa mga aspektong may kinalaman sa mga tauhan, habang ang pagmamanipula naman sa mga

sitwasyon ay pangunahing tungkol sa pagkontrol sa takbo ng mga pangyayari. Ang pagmomonopolisa ng mga anticristo sa kapangyarihan ay isang panlabas na kilos, at ang pagmamaniplula sa mga sitwasyon ay isa ring bagay na panlabas na kayang makita ng mga tao—madaling kontrolin ang mga aspektong ito. Pero, may isang bagay na lubhang mahirap kontrolin para sa sinumang tao. Ano ang bagay na iyon? (Ang pagkontrol sa puso ng mga tao at isipan ng mga tao.) Sabihin ninyo sa Akin, tama ba iyon? (Oo, tama.) Sinasabi ng Bibliya na, “Ang puso ay higit na mapanlinlang kaysa sa lahat ng bagay” (Jeremias 17:9), ibig sabihin, ang puso ng tao ang pinakamahirap na bagay na kontrolin. Susubukan kaya ng mga anticristong kontrolin ang pinakamahirap na bagay? Sasabihin kaya nilang, “Dahil ang puso ng tao ang pinakamapanlinlang at pinakamahirap kontrolin, hindi ko ito kokontrolin. Hayaan sila sa kung ano ang gusto nilang isipin; hangga’t may kapangyarihan ako, hangga’t kontrolado ko ang mga tao, sapat na iyon. Kokontrolin ko na lang ang mga kilos at pag-uugali nila, at ang Diyos na ang bahala sa kanilang mga isipan; wala akong ganoong abilidad, kaya hindi ko na lang iintindihin ang mga bagay na iyon”? Makikipagkompromiso ba nang ganito ang mga anticristo? (Hindi.) Kung titingnan ang diwa ng mga anticristo, ang ambisyon nila ay ang kontrolin ang buong pagkatao ng isang tao. Ang pinakamalaking hamon para sa kanila na kontrolin ay ang puso ng tao, pero ito rin ang pinakahahangad nilang kontrolin. Sinisilo nila ang mga tao sa ilalim ng kapangyarihan nila, ganap na kinokontrol ang lahat ng bagay: kung saan patungo ang mga pangyayari, kung gaano karaming tao ang kasali, kung anong mga usapin ang nasasangkot, ang buong takbo ng mga pangyayaring ito, at kung ano ang kalalabasan ng mga ito—nangyayari ang lahat ayon sa plano at sa kagustuhan nila. Iyon nga lang, may isang bagay, ano ang iniisip ng mga tao sa puso nila? Ano ang iniisip ng mga tao tungkol sa kanila? Maganda ba ang impresyon ng mga tao sa kanila o hindi? Gusto ba sila ng mga tao o hindi? Sa puso ng mga ito, naniniwala ba ang mga ito na anticristo sila? Nakikilatis ba ng mga ito o kinayayamutan ang kilos nila? Kapag nagpapakita ng respeto sa kanila ang mga tao at binobola sila, ano ba talaga ang iniisip ng mga ito sa kanilang puso? Pareho nga ba ang laman ng puso ng mga ito sa kung ano ang nakikita sa kanila sa panlabas? Tunay nga bang masunurin ang mga ito sa kanila? Isa itong bagay na lubhang nakakapagpabagabag sa mga anticristo. Habang lalo silang nababagabag, lalo naman silang naghahanap ng mga kasagutan. Ito ang ikatlong pagpapamalas na tinatrato ng mga anticristo ang sambahayan ng Diyos na parang sarili nilang teritoryo—ang masusing pag-uusisa at pagkontrol sa puso ng mga tao.

Madali bang siyasatin at kontrolin ang puso ng mga tao? Ang masusing pag-uusisa at ang pagkontrol ay kumakatawan sa dalawang magkaibang antas ng kilos o pag-uugali kapag may bagay na ginagawa. Kapag may kapangyarihan ang isang anticristo at kinontrol niya ang takbo ng buong pangyayari at ang kalalabasan nito, kapag kinontrol niya ang mga bagay na ito, kung ano talaga ang nasa puso ng mga taong nasa ilalim niya o nasa loob ng kanyang balwarte—kung tinatrato ba nila siya na parang Diyos o parang isang perpektong tao, kung nagkikimkim ba sila ng pagkamuhi, mga opinyon, o

kuru-kuro laban sa kanya, at kung nakikilatis ba nila siya—kung ano ang mga bagay na talagang iniisip ng mga tao sa puso nila, ito ang mga bagay na medyo mahirap sukatin. Ano kung gayon ang ginagawa niya? Inoobserbahan niya ang mga nasa ilalim niya, binibigyan ng mga pakinabang o sinasabihan ng ilang magagandang salita ang sinumang walang pagkilatis at madaling samantalahin. Ang mga taong ito ay para lang mga bolang goma: Mas tumataas sila at mas maraming enerhiya ang naiipon nila tuwing tinatamaan mo sila. Ginagamit niya ang ganoong mga indibidwal bilang mga kasangkapan. Ano ang gamit niya sa kanila? Ang mga kinakasangkapang ito ang siyang inuutusan niyang masusing mag-usisa sa puso ng mga tao para sa kanya. Maaaring sabihin niya sa isang kinakasangkapan, “Nitong mga nakaraan, hindi na masyadong naghahandog sina Sister Li at ang anak niyang babae. Medyo malaki-laki silang maghandog dati, pero ngayon bihira na silang magpunta. Ano na kaya ang pinagkakaabalahan nila? Nakipag-usap kaya sila sa mga tagalabas? May problema ba silang pinagdadaan sa bahay? Puntahan mo nga’t alamin at mag-alok ka ng tulong.” Bibisita ang taong iyon sa bahay ni Sister Li at magtitingin-tingin sa paligid, iniisip na, “Wala namang hindi pamilyar na tao rito. Mukha namang maayos ang buhay ng dalawang kapatid. Mukha namang wala silang kinaharap na anumang suliranin. Bakit kaya hindi sila nagpupunta sa mga pagtitipon namin? Magtatanong-tanong pa nga ako.” Tatanungin ng taong ito, “May natanggap ba kayong anumang bagong kaliwanagan sa bahay kamakailan? Nanghihina ako nitong mga nagdaang araw; makipagbahaginan kayo sandali sa akin.” Dahil naparito ang tao para hanapin ang katotohanan at para humingi ng tulong, makikipagbahaginan ang mga sister sa kanya at sasabihing, “Kamakailan lang, nagkaroon kami ng bagong kaliwanagan na hindi dapat sumunod o laging umasa sa ibang tao ang mga mananampalataya sa Diyos; kapag may mga hamong kinakaharap, dapat tayong lumapit sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin; ito ang pinakamataas na karunungan. Hindi maaasahan ang mga tao, tanging sa Diyos lang makakaasa ang isang tao; kaya Niyang ipagkaloob sa mga tao ang katotohanan, ang buhay, at ang daan na dapat nilang lakaran—hindi ito kayang gawin ng mga tao. Dati, lagi akong umaasa sa iba, pero kalaunan, sa pamamagitan ng pakikipagbahaginan sa isang sister....” Sasagot siya, “Sa pamamagitan ng pakikipagbahaginan sa isang sister? Nasaan ang sister na iyon? Isa ba siyang tagalabas?” Sasabihin ng mga sister, “Hindi naman talaga siya isang tagalabas; isa siyang sister mula sa iglesia natin na nagbalik matapos ang ilang taong paggampan niya sa tungkulin niya sa malayo.” Sasagot siya, “Hindi ba’t pakikipag-usap pa rin iyon sa isang tagalabas? Nakipag-ugnayan ka nang padalos-dalos sa mga tagalabas; kailangan mong iulat ang isyung ito sa iglesia!” Matapos makalap ang impormasyong ito, dalawang mahahalagang piraso ng impormasyon ang natuklasan ng taong iyon: Una, ayaw ng dalawang sister na mapalapit sa lider, at nagpakita sila ng kaunting pagkilatis sa kanya; pangalawa, nakipag-ugnayan sila sa isang tagalabas, at may sinabi sa kanila ang tagalabas na iyon; hindi malinaw kung ano iyon, at ayaw magsabi ng mga sister ng kahit na ano tungkol dito, sadya nilang itinatago ito, na nangangahulugang nawawala na

ang katapatan nila sa lider at nagsimula na silang mag-ingat laban sa kanya. Kapag nagbalik ang taong ito at nag-ulat ito sa anticristo, matutuwa ba ang anticristo sa maririnig niya? Isipin ba niya, “Magaling, sa wakas nagpakita na ng kaunting pagkilatis sa akin ang mga nasasakupan ko”? (Hindi.) Ano kaya ang iisipin niya? “Masama ito. Masunurin dati ang dalawang babaeng kapatid na iyon, mga tunay silang mananampalataya noon sa iglesia, at nag-hahandog sila nang malaki. Mula nang makisalamuha sa kanila ang di-kilalang taong ito, medyo naging masuwayin na ang dalawang ito. Patuloy pa kaya silang magbibigay ng mga handog sa hinaharap? Mahirap at delikado ito.” Hindi mapakali ang anticristo. Bakit hindi siya mapakali? (Kinikilatis na siya ng mga tao at hindi na nakikinig ang mga ito sa kanya.) Tama, wala na sa ilalim ng kanyang pagmamaniplula at kontrol ang puso ng mga tao, nagkakaroon na ng pagbabago sa puso ng mga ito, kaya hindi na siya mapakali. Dati-rati, totoo at simple ang dalawang ito, masunurin naman sila at nagpakita lang ng kaunting pagkilatis sa kanya, anumang sabihin niya ay tinatanggap nila nang walang pagdadalawang-isip. Ngayong nagkaroon na ng pagbabago sa puso nila, natuto nang kumilatis, at dumidistansiya na sa kanya, posibleng itinatakwil na siya, at baka balak pa nga siyang isumbong—malaking problema iyan. Hindi ba’t isa itong espesipikong pagpapamalas ng kung paano masusing inuusisa at kinokontrol ng mga anticristo ang puso ng mga tao?

Kapag may napansing anumang kakaiba ang anticristo, ipinapadala niya kaagad ang mga kaalyado o galamay niya para alamin ang sitwasyon at maarok ang mga pinagmumulang dahilan nito. Kung walang pagbabago, kung ganoon pa rin ang mga tao at hindi nagbago ang puso nila, napapanatag ang loob niya, at hindi na siya nababagabag o tensiyonado. Pero, kung may natuklasan siyang kakaiba, isang bagay na wala siyang nalalaman, wala sa ilalim ng pagmamaniplula niya, hindi tulad ng inaakala niya, problema iyon. Nag-aalala at nababalisa siya, at sa pagkataranta niya, kikilos siya. Ano ang pakay ng mga kilos niya? Gusto niyang maging kaisa niya sa isip ang mga tao, na hindi sila magkaroon ng anumang pagbabago sa puso nila. Dapat sabihin sa kanya ng mga tao kung ano ang mga iniisip nila at mag-ulat sa kanya palagi, na nagpapahayag ng katapatan, determinasyon, at sinseridad. Dapat patuloy niyang kontrolin ang mga pagbago-bagong kaisipan at ideya ng puso ng mga tao, at ang direksiyon at ang mga prinsipyo ng mga isipan nila. Sa sandaling may makita siyang sinumang hindi sumasang-ayon, dapat siyang kumilos para mapagbago ito. Kung hindi sila mapagbabago at magiging kaibigan, magiging kaaway na lang sila. Ano ang mga ibubunga ng pagiging kaaway niya? Daranas sila ng pagpapahirap at panunupil. Isang pamamaraan ito. May isa pa. Laging nangangamba ang anticristo sa mga nasa paligid niya, hindi niya masukat-sukat ang mga ito nang husto, sa takot na baka kilatisin at isumbong siya ng mga tao, at sinasabi sa kanyang puso: “Nakita mo ba nang magnakaw ako ng mga handog at gawin ang mga bagay-bagay ayon sa paraang gusto ko? Kung nakita mo nga ito, kaya mo ba itong kilatisin? Magagawa mo bang isumbong ako?” Marami pa ngang karelasong seksuwal ang ilang anticristo sa likod ng mga eksena, at iniisip nila, “Sino ang nakakaalam tungkol

sa mga bagay na ito? Ano ang iniisip ng mga nakakaalam nito? Dapat ba akong magkunwari kahit papaano, lumikha ng huwad na impresyon, at pagkatapos ay subukin ang mga taong ito, usisain ang mga saloobin nila, at tingnan kung ano talaga ang iniisip nila?” Gagawin kaya ng mga anticristo ang ganoong mga bagay? Para sa mga buktot na taong gaya ng mga anticristo, parang wala na lang sa kanilang gawin ang ganoong mga bagay; sanay na sanay na sila rito—napakahusay nilang gawin ito. Sama-samang tinitipon ng anticristo ang mga tao at sinasabing, “Ipinatawag ko ang lahat dito ngayon para sa tanging layong suriin ang mga pagkukulang ko sa gawaing ginawa ko sa iglesia kamakailan at para pag-usapan ang kaalaman ko tungkol sa mga tiwaling disposisyong ibinunyag ko. Magsalita kayo nang malaya, huwag ninyong pigilan ang sarili ninyo. Hindi ko kayo kokondenahin. Magbahaginan tayo nang malaya, puso-sa-puso at harap-harapan. Kung may nagawa ako, magbabago ako; kung wala, tatanggapin ko ito bilang babala na huwag itong gawin. Ang lahat ng bagay sa sambahayan ng diyos ay hayag, hindi nakatago, at nakalantad. Ginagawa natin ang lahat ng bagay sa harapan ng diyos, at hindi na kailangan pa ng sinuman na mag-ingat laban sa iba. Mga kapatid, ipanatag ninyo ang isip ninyo. Magsisimula ako sa pamamagitan ng pagsusuri sa sarili ko. Kamakailan, dahil sa sarili kong katamaran at pag-iimbot ng mga kaginhawahan ng laman, hindi ko nagawa nang maayos ang gawain ko. Hindi naging maayos ang takbo ng gawain ng ebanghelyo nitong mga nagdaang araw, at hindi ko masyadong napagtuunan ng pansin ang buhay iglesia. Naging abala ako sa gawain ng ebanghelyo at nawalan ako ng panahon sa iba pang bagay. Siyempre, ako ang may kasalanan. Dahil sa pagtitiwala ko sa mga imahinasyon ko, ipinagpalagay ko na kaya na ng mga kapatid na pangasiwaan ang buhay iglesia nang sila lang, at hindi ko na kakailanganin pang mag-alala masyado. Malalaki na kayong lahat, at napakalinaw naman ng mga salita ng diyos, kaya ibinuhos ko nang buong puso ang sarili ko sa gawain ng ebanghelyo. Subalit, hindi ko rin nagawa nang mabuti ang gawain ng ebanghelyo. Kailangan kong aminin ang mga pagkakamali ko sa harapan ng mga kapatid, humingi ng tawad sa inyo, at humingi ng tawad sa diyos. Heto, hayaan ninyong yumukod ako sa inyong lahat.” Makikita ito ng lahat at iisipin sa sarili nilang, “Nagbago na siya. Mukhang hindi na siya tuso gaya ng dati. Bakit napakasinsero yata niya ngayon? Parang may mali. Hindi dapat ako gumawa agad-agad ng kongklusyon. Titingnan ko muna kung ano ang mga susunod niyang sasabihin.” Magpapatuloy ang anticristo at sasabihing kinikilala niyang isa siyang diyablo, isang Satanas, inaaming wala siyang nagawang anumang aktuwal na gawain, nagpapahayag na handa siyang ganap na magpasakop sa ang Itaas at tanggapin ang anumang kritisismo o pamumuna mula sa mga kapatid. Sasabihin pa niyang, “Kahit tanggalin pa nila ako at huwag akong hayaang mamuno, payag akong maging isa sa mga pinakamababa. Inirerekomenda ko si Sister Li at ang anak niyang babae na mula sa iglesia natin para pumalit sa akin.” Nakapili na siya ng hahalili sa kanya. Hindi ba’t sinsero naman ang saloobin niya? Kailangan pa bang pagdudahan ito? Habang sinasabi ito, magsisimula na nga siyang umiyak. Pagkatapos, palalapitin niya ang asawa niya at

sasabihing, “Sa panahong ito, wala ka ring nagawang kahit anong aktuwal na gawain, nagdudulot ka lang ng mga pagkagambala at kaguluhan, at basta-basta mo na lang pinupungusan ang mga kapatid. Dapat ka ring tanggalin.” Sinisisi ng anticristo ang sarili niya at ang kanyang pamilya, dahilan para maramdaman ng mga taong sinsero siya. Kapag narinig na ito ng lahat, may magsasabing, “Ang totoo, matagal na namin kayong kinikilatis. Hindi ninyo kami sinasangguni sa mga bagay-bagay; magkakasamang pinag-uusapan ng ilan sa inyo ang mga bagay-bagay at gumagawa ng mga desisyon nang pribado. Hindi ito umaayon sa mga prinsipyo ng gawain sa sambahayan ng Diyos. Bukod pa roon, kayo-kayo lang ang nagpasya kung sino ang magiging lider nang hindi namin nalalaman—ni wala kaming karapatang malaman ito. Hindi lang bigong makagawa ng anumang aktuwal na gawain ang taong pinili ninyo kundi nagdudulot pa siya ng mga kaguluhan, pero hindi ninyo siya tinatanggal.” Sunud-sunod na ibubulalas ng mga kapatid ang mga opinyon nila. Pagkarinig ng anticristo rito, iisipin niya, “Masama ito! Pero, mabuti na ring sabay-sabay nilang ibinubuhos ang tunay na laman ng isipan nila. Makikinabang dito ang gawain ko sa hinaharap. Kung hindi sila nagsalita at sa halip ay tinira nila ako nang patalikod, direktang sumulat ng ulat sa ang itaas nang hindi ko nalalaman, siguradong katapusan ko na, hindi ba? Buti na lang, ginamit ko ang taktikang ito, matalino at mabilis akong kumilos, at nalaman ko agad ang mga opinyon nila.” At pagkatapos ay magpapatuloy siya, sasabihin niya nang may pang-uuto, “Salamat, mga kapatid, sa tiwala ninyo, at sa taos-puso ninyong pagpuna sa mga pagkakamali ko ngayong araw. Tiyak na babaguhin ko ang mga ito sa hinaharap. Kung hindi, maparusahan at masumpa nawa ako.” Ang masusing pag-uusisa at pagkontrol ng anticristo sa puso ng mga tao ay hindi limitado sa patagong pakikinig sa usapan ng iba at pagsilip sa mga pintuan. Sa mga seryosong sitwasyon, may nakahanda siyang plano. Anong uri ng plano? Nagpapatupad siya ng demokrasya at kalayaan, binibigyan ng sapat na kalayaan sa pananalita ang mga tao, binibigyan sila ng ganap na kalayaang ipahayag ang mga opinyon at saloobin nila, hinihimok ang mga tao na sabihin ang kanilang mga damdamin, kahit na mga reklamo pa ito. Pagkatapos, sinasamantala niya ang mga kahinaan ng mga may ibang ideya sa kanya o mga opinyon tungkol sa kanya, at nililipol sila nang sabay-sabay. Ano ang tingin ninyo sa pamamaraang ito ng anticristo? Napakabuktot nito! Hindi ba’t medyo katulad nito ang sa malaking pulang dragon? Iisang grupo talaga sila kumbaga, na may iisang kalikasang diwa. Hindi ba’t ganoon magtrabaho ang malaking pulang dragon? Kapag nakita mo kung paano gumanap ang anticristo, parang nakikita mo na rin ang pangit na hitsura ng malaking pulang dragon.

Mahusay ang mga anticristo sa paggamit ng mga kaaya-aya at tamang salita para akitin ang mga taong magbukas ng saloobin sa kanila. Pagkatapos na masusing usisain at alamin ang mga totoong sitwasyon ng mga tao, ano ang resulta? Magsisisi ba ang mga anticristo dahil sinabi sa kanila ng mga tao ang mga totoong salita na ito? Susuko na ba sila, titigil sa paggawa ng masama, bibitiwan ang kapangyarihan nila, tatalikuran ang kanilang paghahangad sa kapangyarihan, at bubuwagin ang teritoryo nila? Hindi

kailanman. Sa halip, lalo pa nilang paiigtingin ang mga ito. Pagkatapos gawin ang lahat ng makakaya nila para kontrolin ang puso ng mga tao, pinapanatili nila ang mga umaayon sa kanila at itinatapon naman ang lahat ng hindi. Hindi natin maiaalis sa isip na ang ilang kapatid sa iglesia ay napaalis na, pinatalsik, o kinumpiska na ang mga aklat nila ng mga salita ng Diyos sa ilalim ng ganoong mga sitwasyon. Ginawan ng mali ang mga indibidwal na ito. Ano ang dapat gawin ng mga kapatid na ito na ginawan ng mali? Dapat ba silang tumigil sa pananampalataya sa Diyos dahil may lumitaw na anticristo sa sambahayan ng Diyos na nagpahirap sa kanila nang ganito at ginawang imposible para sa kanila ang manampalataya? Ganoon ba ang dapat nilang gawin? (Hindi.) Tama bang makipagkompromiso o yumuko na lang sa mga anticristo o sa madidilim o mga buktot na puwersa? Lyon ba ang landas na dapat ninyong piliin? (Hindi.) Kaya, anong landas ang dapat ninyong piliin? (Ang ilantad at isumbong ang mga anticristo.) Kapag natuklasan mong anticristo ang isang tao, hayaan mong sabihin Ko sa iyo, kung lubha siyang maimpluwensiya, at maraming lider at manggagawa ang nakikinig sa kanya at hindi makikinig ang mga ito sa iyo, at kung ilalantad mo siya at mabubukod o mapapaalis ka lang din, kung gayon, dapat mong pag-isipang mabuti ang istrategiya mo. Huwag mo siyang harapin nang mag-isa; malamang na matatalo ka. Simulan mo sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa ilang tao na nakakaunawa sa katotohanan at may pagkilatis, at makipagbahaginan ka sa kanila. Kung may mapagkasunduan kayo, lumapit kayo sa dalawa pang lider o manggagawa na kayang tanggapin ang katotohanan at makipagkasunduan kayo sa kanila. Kapag may ilang tao nang magkakasamang kumikilos, ilantad at harapin ninyo ang anticristo nang sama-sama. Sa ganitong paraan, may pag-asa kayong magtagumpay. Kung masyadong malakas ang impluwensiya ng anticristo, puwede rin kayong sumulat sa ang Itaas. Ito ang pinakamainam na paraan. Kung talagang susubukan ng ilang lider at manggagawa na pigilan kayo, puwede ninyong sabihin sa kanila, “Kung hindi ninyo tatanggapin ang pagsisiwalat at sumbong namin, dadalhin namin ang usaping ito sa ang Itaas at hahayaan naming sila ang humarap sa inyo!” Palalakihin nito ang tsansa ninyong magtagumpay, dahil hindi sila mangangahas na kumilos laban sa inyo. Kapag mga anticristo ang kaharap ninyo, dapat ninyong gamitin ang maaasahang pamamaraan na ito—huwag na huwag kayong kikilos nang mag-isa. Kung hindi ka suportado ng ilang lider at manggagawa, mabibigo ka lang sa gagawin mo, maliban na lang kung makakagawa ka ng sulat at maiaabot mo ito sa ang Itaas. Lubhang lihim na mapanira at tuso ang mga anticristo. Kung wala kang sapat na ebidensiya, iwasan mong kumilos laban sa kanila. Walang silbing makipagkatwiran o makipagdebate sa kanila, walang silbing magpakita ng malasakit para subukang mabago sila, at walang magagawa ang makipagbahaginan sa kanila tungkol sa katotohanan; hindi mo sila mababago. Sa isang sitwasyon kung saan hindi mo sila kayang baguhin, ang pinakamainam mong gawin ay hindi ang makipag-usap sa kanila nang puso-sa-puso, makipagkatwiran sa kanila, at hintaying magsisi sila. Sa halip, isiwalat at isumbong mo sila nang hindi nila nalalaman, hayaan mong ang ang Itaas ang

humarap sa kanila, at himukin mo ang mas marami pang tao na isiwalat sila, isumbong sila, at itakwil sila, na sa huli ay mauuwi sa pagkatiwalag nila sa iglesia. Hindi ba't isa itong magandang diskarte? Kung pakay nilang alamin mula sa iyo ang mga saloobin mo, masusi kang usisain, at tingnan kung may anumang pagkilatis ka sa kanya, ano ang dapat mong gawin kung natukoy mo na ngang isa siyang anticristo? (Hindi dapat ako magsalita nang tapat sa kanya, kundi sumunod lang pansamantala sa mga salita niya, hindi ipapaalam sa kanya ang pagkilatis ko, at pagkatapos ay dapat ko siyang isiwalat at isumbong nang pribado.) Ayos ba ang diskarteng ito? (Aayos ito.) Dapat mong makita nang mabuti ang mga pakana ng mga diyablo at Satanas at iwasan mong mabitag ka nila o mahulog sa kanilang mga patibong. Kapag mga Satanas at diyablo ang kaharap mo, dapat kang gumamit ng karunungan, at iwasan mong magsalita sa kanila nang tapat. Ito ay dahil ang mga puwede mo lang pagsabihan ng totoo ay ang Diyos at ang mga tunay na kapatid. Hindi ka dapat magsalita nang tapat sa mga Satanas, sa mga diyablo, o sa mga anticristo. Ang Diyos lang ang karapat-dapat makaunawa sa laman ng puso mo at magkaroon ng kataas-taasang kapangyarihan at sumiyasat sa iyong puso. Hindi kalipikado ang sinuman, lalo na ang mga diyablo at Satanas, na kontrolin at siyasatin ang puso mo. Samakatwid, kung susubukan ng mga diyablo at Satanas na alamin ang katotohanan mula sa iyo, may karapatan kang magsabi ng "hindi," tumangging sagutin ito, at huwag magbigay ng impormasyon—karapatan mo ito. Kung sasabihin mo, "Diyablo ka, gusto mo akong lansihin para magsalita ako, pero hindi ako magsasalita nang totoo sa iyo, hindi ko sasabihin sa iyo. Isusumbong kita—ano ang magagawa mo sa akin? Kung mangangahas kang pahirapan ako, isusumbong kita; kung pahihirapan mo ako, susumpain at parurusahan ka ng Diyos!" uubra ba ito? (Hindi.) Sinasabi ng Bibliya: "Mangagpakatalino nga kayong gaya ng mga ahas, at mangagpakatimtimang gaya ng mga kalapati" (Mateo 10:16). Sa ganoong mga sitwasyon, dapat kang magpakatalino gaya ng mga ahas; dapat maging matalino ka. Ang mga puso natin ay angkop lang para siyasatin at taglayin ng Diyos, at sa Kanya lang natin dapat ibigay ang mga ito. Ang Diyos lang ang karapat-dapat sa mga puso natin, hindi karapat-dapat ang mga Satanas at diyablo! Samakatwid, may karapatan ba ang mga anticristo na malaman kung ano ang laman ng puso natin o kung ano ang iniisip natin? Wala silang karapatan. Ano ang layon nila at sinusubukan nilang alamin ang katotohanan mula sa iyo at masusi kang usisain? Pakay nilang kontrolin ka; dapat makita mo ito nang malinaw. Kaya, huwag kang magsabi ng totoo sa kanila. Dapat humanap ka ng paraan para pagkaisahin ang mas marami pang kapatid para ilantad at itakwil sila, pababain sila sa posisyon nila, at huwag na huwag silang hahayaang magtagumpay. Tanggalin sila sa iglesia, para huwag na silang muling makapanggulo at makahawak ng kapangyarihan sa sambahayan ng Diyos.

Isang realidad talaga na masusing inuusisa at kinokontrol ng mga anticristo ang puso ng mga tao. Kung titingnan natin ang diwa ng mga anticristo, maliwanag na natural na sa kanilang pumasok sa ganoong mga aktibidad, at pangkaraniwang-pangkaraniwan

na ito. Sa iba't ibang iglesia, madalas na ipinapadala ng mga anticristo ang mga taong napagkakatiwalaan nila para pasukin ang mga kapatid, masusing usisain ang mga bagay-bagay, at mangalap ng impormasyon mula sa loob. Paminsan-minsan, ang impormasyong nakakalap nila ay may kinalaman sa mga mumunting domestikong bagay o kaswal na usapan sa pagitan ng mga tao, na talagang hindi naman importante. Gayumpaman, laging pinapalaki ng mga anticristo ang tungkol sa mga bagay na ito, itinataas pa sa antas ng mga kaisipan at pananaw para agad na maarok ang mga pagbabago sa mga isipan at opinyon ng mga tao. Ito ay para makontrol nila ang mga sitwasyon at ang kalagayan ng bawat tao nang walang kahirap-hirap, kung saan tinutugunan nila agad ang bawat isa. Lalong espesipiko ang mga anticristo sa mga kilos nila pagdating sa kapangyarihan at katayuan. Gaano kaespesipiko? Pagdating sa pananaw ng bawat tao sa kung paano nila hinaharap ang mga bagay-bagay, pati na sa pananaw nila sa mga materyal na bagay, pera, katayuan, pananampalataya sa Diyos, paggampan sa mga tungkulin, at pagbitiw sa mga trabaho—gusto nila na kabisadong-kabisado nila ang lahat ng ito. Kapag kabisadong-kabisado na nila ito, hindi ginagamit ng mga anticristo ang katotohanan para tustusan ang mga tao, baguhin ang mga maling pananaw ng mga tao, o lutasin ang mga isyu. Sa halip, ginagamit nila ito para pagsilbihan ang sarili nilang katayuan, kapangyarihan, at teritoryo. Ito ang layon ng mga anticristo sa masusi nilang pag-uusisa at pagkontrol sa puso ng mga tao. Para sa mga anticristo, ang lahat ng ginagawa nila ay tila makahulugan at mahalaga, pero ang lahat ng bagay na ito na ipinagpapalagay na makabuluhan at mahalaga ay kinokondena mismo ng Diyos. Tiyak nilang ipinagkakanulo ang Diyos at nakikipaghidwaan sila sa Kanya.

Nobyembre 7, 2020

Ikalabinlimang Aytem: Hindi Sila Naniniwala na Mayroong Diyos, at Itinatanggi Nila ang Diwa ni Cristo (Unang Bahagi)

I. Hindi Naniniwala ang mga Anticristo na Mayroong Diyos

Magbabahaginan tayo ngayon tungkol sa ikalabinlimang aytem ng iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo—hindi sila naniniwala na mayroong Diyos, at itinatanggi nila ang diwa ni Cristo. Inilalantad ng aytem na ito ang dalawang pagpapamalas ng kung paano itinuturing ng mga anticristo ang Diyos at si Cristo, na kumakatawan sa diwa ng mga anticristo. Parehong tumutukoy sa Diyos Mismo ang dalawang pagpapamalas na ito, sa isang aspekto ay may kinalaman sa Espiritu ng Diyos, at sa isa pang aspekto sa nagkatawang-taong Diyos. Hindi naniniwala ang mga anticristo na mayroong Diyos, at hindi rin nila kinikilala ang Kanyang nagkatawang-taong laman. Ito ang mga pananaw na kinikimkim ng mga anticristo ukol sa Diyos, at ang mga ito ang mga pangunahing pagpapamalas ng kung paano itinuturing ng mga anticristo ang Diyos. Sa ngayon, hindi natin pagbabahaginan ang diwa ng dalawang pangunahing pagpapamalas na ito; sa halip, talakayin muna natin kung paano naipapamalas ang kawalan ng paniniwala ng mga anticristo na mayroong Diyos, na ibig sabihin, kung anong mga kaisipan, pananaw, saloobin, at mga partikular na pag-uugali, pagpapamalas, at pamamaraang mayroon ang mga anticristo ukol sa Diyos na nagpapatunay na hindi sila naniniwala na mayroong Diyos. Mayroon bang mga kongkretong pagpapamalas ng kawalan ng paniniwalang ito? Maaaring sabihin ng ilan, “Ang kawalan ng paniniwala ng mga anticristo na mayroong Diyos ay nangangahulugan lamang na hindi nila kinikilala ang katunayang ito at itinatanggi nilang mayroong Diyos. Sa puso nila, naniniwala sila na walang Diyos, at na ang Espiritu ng Diyos, ang Diyos Mismo, at ang Lumikha, ay hindi nakikita at hindi umiiral. Para sa kanila, hungkag at bunga lamang ng imahinasyon ng tao ang titulong ‘Diyos.’ Hindi ba’t simple lang itong ipaliwanag at pagbahaginan? Paano ito nauugnay sa diwa ng mga anticristo? Paano nagkakaroon ng mga partikular na pagpapamalas nito? Hindi ba’t pagpapalaki lang ito ng isyu? Talaga bang ganoon ito kakomplikado?” Tama ba ang ganitong pag-iisip? Kung hihilingin sa inyo na magbahagi tungkol sa paksa ng hindi paniniwala ng mga anticristo na mayroong Diyos, paano ninyo ito pagbabahaginan at hihimayin? Halimbawa, isaalang-alang ang isang partikular na mapanlinlang na tao. Puwede mo bang talakayin ang mga partikular na pagpapamalas ng pagiging mapanlinlang niya? Kung sasabihin mo lang, “Napakamapanlinlang ng taong ito at lagi siyang nagsisinungaling at walang binibitiwang kahit isang totoong salita,” tapos ka na ba sa pagbabahagi? Ano ang mga partikular na kalagayan at pagpapamalas ng pagiging mapanlinlang? Paano mo mahihimay ang pagiging mapanlinlang ng taong iyon? Anong mga pamamaraan ang ginagamit niya sa pag-asal at sa pangangasiwa sa mga bagay sa pang-araw-araw niyang buhay? Anong mga pamamaraan ang ginagamit

niya sa pakikitungo sa mundo? Kumusta ang karakter niya? Ano ang pananaw niya sa mga tao, pangyayari, at bagay? Paano mapapatunayang napakamapanlinlang ng taong ito? Hindi ba't may mga detalye rito? Tiyak na may mga detalye. Hindi lang ito tungkol sa pagsasabi ng kung ano ang pagiging mapanlinlang o kung anong mga pagkilos ang mapanlinlang, at hindi lamang ito tungkol sa pagpapaliwanag ng terminong ito, sa halip, kailangan mong himayin ang mga partikular niyang pagpapamalas, pag-uugali, kaisipan, pananaw, ang mga pamamaraan niya sa pangangasiwa sa mga bagay, ang karakter niya, at iba pa. Ang pangunahing katangian ng isang taong mapanlinlang ay na hindi niya ipinagtatapat ang nilalaman ng kanyang puso para magbahagi kaninuman, at hindi siya nagtatapat kahit sa kanyang pinakamatalik na kaibigan. Lubha siyang imposibleng maintindihan. Sa katunayan, maaaring hindi naman matanda ang gayong tao, o maaaring wala pa siyang masyadong kaalaman sa mundo, at maaaring wala siyang gaanong karanasan, pero imposible siyang maintindihan. Napakatuso niya sa kabila ng kanyang edad. Hindi ba likas na mapanlinlang ang taong ito? Itinatago niya nang husto ang kanyang tunay na pagkatao na walang sinuman ang nakakakilatis dito. Ilang salita man ang kanyang sabihin, mahirap matukoy kung alin ang totoo at alin ang hindi, at walang nakakaalam kung kailan siya nagsasabi ng totoo o kailan siya nagsisinungaling. Dagdag pa ryan, sanay na sanay siya sa pagpapanggap at paggamit ng mapanlinlang na argumento. Madalas ay itinatago niya ang katotohanan sa pamamagitan ng pagbibigay ng maling impresyon sa mga tao, kaya ang nakikita lang ng mga tao ay ang huwad niyang ipinapakita. Nagpapanggap siya bilang isang taong matayog, mabuti, moral, at totoo, bilang isang taong gusto at sinasang-ayunan ng iba, at sa huli, sinasamba at tinitingala siya ng lahat. Gaano katagal mo man nakakasama ang gayong tao, hindi mo malalaman kailanman kung ano ang kanyang iniisip. Ang kanyang mga pananaw at saloobin sa lahat ng klase ng tao, pangyayari, at bagay ay nakatago sa kanyang puso. Hindi niya sinasabi ang mga bagay na ito kaninuman kahit kailan. Hindi siya nagbabahagi tungkol sa mga bagay na ito kahit sa kanyang pinakamalapit na kapalagayang-loob. Kahit kapag nagdarasal siya sa Diyos, maaaring hindi niya ipinagtatapat ang nilalaman ng kanyang puso o ang katotohanan tungkol sa mga ito. Hindi lang iyan, sinisikap niyang magpanggap bilang isang taong may mabuting pagkatao, na napaka-espirituwal at dedikado sa paghahangad sa katotohanan. Walang sinumang nakakakita kung anong klaseng disposisyon ang taglay niya at kung anong klase siyang tao. Ang mga ito ang mga pagpapamalas ng pagiging mapanlinlang. Halimbawa, isaalang-alang ang isang tamad na tao. Ano ang mga partikular na pagpapamalas ng katamaran? Puwedeng sabihin ng ilan, "Ang katamaran ay hindi paggawa ng anumang gawain, paupo-upo lang buong araw, ayaw kumilos o mag-alala sa anumang bagay, at ayaw magsalita." Ang mga ito ba ang mga kongkreto at pangunahing pagpapamalas ng katamaran? (Hindi, mga paimbabaw na penomenon lamang ang mga ito.) Ano, kung gayon, ang mga pangunahing pagpapamalas ng katamaran? Sa kabuuan, may dalawang pangunahing pagpapamalas: una, ayaw magtiis ng anumang hirap, hindi nagdadala ng pasanin

o responsabilidad sa anumang ginagawa niya, laging nagrereklamo tuwing ang katawan niya ay medyo hindi komportable, o bahagyang nahihirapan o medyo napapagod; pangalawa, ayaw gumawa ng anumang gawain, gusto ng masarap na buhay, mas gusto ang maglibang at ayaw magtrabaho, inaaksaya ang kanyang oras, at hinahayaang lumipas na lang ang mga araw niya, pati na rin, palaging nagrereklamo at nagtatago para hindi siya makita ng iba kapag may kailangang gawin. Ang mga ito ang dalawang pangunahing pagpapamalas ng katamaran; hindi natin tatalakayin ang mga partikular na pagpapamalas dito. Gamitin nating halimbawa ang isang masibang tao. Ano ang mga partikular na pagpapamalas ng kasibaan? Isang bagay ito sa sangkatauhan na dapat madaling himayin at kilatisin, hindi ba? (Palaging naghahangad ng mga pisikal na kasiyahan, palaging gustong kumain ng masasarap na pagkain, pinagbibigyan ang sariling pagkatakam.) (Hindi nawawalan ng gana pagdating sa masasarap na pagkain.) Pagpapamalas ang mga ito ng kasibaan. Hindi ba't may mga tao na, kapag narinig na may masarap na pagkain sa isang lugar, ay gagawin ang lahat para hanapin ang lugar na ito? Halimbawa, sabihin nang may bagong bukas na restoran sa isang lugar, at nag-aalok ito ng iba't ibang masarap na putahe, ngunit medyo mahal at malayo ito, at aabutin ng isang oras na biyahe para makarating doon. lisipin ng karamihan ng tao na hindi sulit magbiyahe nang ganoon kalayo para lang sa isang pagkain. Pero ang mga taong mahilig kumain, kapag narinig ang tungkol sa restorang ito, ay mag-iisip, "Hindi naman ganoon kalayo ang isang oras na biyahe. Hindi ba't ang buhay ay tungkol sa pagkain, pag-inom, at pagsasaya? Tara, kain tayo!" Pero kung hihilingin sa tao ring iyon na magbiyahe nang isang oras para gampanan ang nararapat niyang gawain, magsisimula siyang mag-isip, "Hindi ba ako mapapagod papunta roon? Magkakamit ba ng mga resulta kung maglalaan ako ng napakaraming oras para pumunta at gumawa roon? Paano kung makaharap ako ng masasamang tao? Paano kung maubusan ng gasolina ang sasakyan? Ano ang kakainin ko roon? Mayroon na bang nakahandang pagkain? Paano kung hindi ako makaangkop sa lugar? Paano kung hindi ako makatulog sa gabi?" Masyado niyang iniisip-isip ang mga bagay kapag tungkol sa nararapat niyang gawain, nakakakita siya ng mga hrap kahit saan. Pero kapag tungkol sa pagkain ng masarap, handa siyang mapagtagumpayan ang lahat ng balakid; hindi na nagiging isyu ang bawat balakid, at itinitigil niya ang sobrang pag-iisip. Mga partikular na pagpapamalas ng kasibaan ang mga ito. Binanggit Ko lang ito nang pahapyaw rito; hindi Ko na ito palalawakin pa.

Balikan natin ang paksa ng ating pagbabahaginan ngayon. Ano ang mga pagpapamalas ng hindi paniniwala ng mga anticristo na mayroong Diyos? Anong mga partikular na kaisipan, pananaw, at kalagayan ang ibinubunyag nila? Kapag may nangyayari sa kanila, anong mga saloobin, pananaw, at ideya ang mayroon sila na nagpapatunay na talagang hindi sila naniniwala na mayroong Diyos? Hindi ba't karapat-dapat itong pagbahaginan? Hindi naniniwala ang mga anticristo na mayroong Diyos; ano ang mga detalye at partikular na pagpapamalas ng hindi nila paniniwala? (Kahit ano ang mangyari, hindi sila naniniwala na pinamamatnugutan at isinasaayos ito ng Diyos, at hindi nila ito matanggap mula sa

Diyos.) (Hindi sila naniniwala na ginagantimpalaan ng Diyos ang mabubuti at pinarurusahan ang masasama, kaya wala silang pakundangang gumagawa ng kasamaan.) Ang mga ito ang ilang partikular na pagpapamalas. Hindi naniniwala ang mga anticristo na mayroong Diyos. Itong hindi paniniwala na mayroong Diyos ay isang pagtanggì. Anong itinatanggì nila na nagpapatunay na itinatanggì nila na mayroong Diyos? (Itinatanggì nila ang pagkakakilanlan ng Diyos bilang ang Lumikha.) (Itinatanggì nila na kontrolado ng Diyos ang lahat ng bagay at Siya ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat.) (Itinatanggì nila na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan, at itinatanggì nila na ang gawain ng Diyos ng paghatol at pagkastigo ay makapaglilinis ng katiwalian ng mga tao at makapagliligtas sa kanila mula kay Satanas.) Alin sa mga pahayag na ito ang kumakatawan at mas mahalaga? Ang pagtanggì sa pagkakakilanlan ng Diyos at sa Kanyang kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay—hindi ba’t kumakatawan ang mga ito? Hindi ba’t mahahalagang isyu ang mga ito? (Oo.) Ang paniniwala na mayroong Diyos, sa isang aspekto, ay pagkilala sa pagkakakilanlan at diwa ng Diyos. Bukod pa rito, ito ay pagtanggap at pagkilala sa katunayan na ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay, batay sa pundasyon ng paniniwala sa pagkakakilanlan at diwa ng Diyos. Hindi ba’t ito ang ganap na paniniwala na mayroong Diyos? Hindi ba’t napakahalaga ng dalawang puntong ito? (Oo.) Ang dalawang ito ang pinakamahahalagang isyu. Kaya, para himayin ang kawalan ng paniniwala ng mga anticristo na mayroong Diyos, kailangan muna nating himayin ang dalawang bagay: una, ang pagtanggì ng mga anticristo na aminin ang pagkakakilanlan at diwa ng Diyos; pangalawa, ang pagtanggì ng mga anticristo na aminin ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay. Nakapaloob sa dalawang puntong ito ang ibang mga aspekto. Dati na nating napagbahaginan kung paanong hindi inaamin ng mga anticristo na ang Diyos ang katotohanan, na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan, o na ang Diyos ay makapagliligtas ng mga tao. Isang katunayan din ito. Gayumpaman, sinasabi Ko rito na sa pinakapangunahing antas, hindi naniniwala ang mga anticristo na mayroong Diyos, at hindi rin sila naniniwala sa pag-iral ng Diyos. Ang paghimay nito mula sa perspektiba ng hindi pag-amin ng mga anticristo sa pagkakakilanlan at diwa ng Diyos, at ng pagtanggì nila na aminin ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay, ay magiging mas makapangyarihan at kumakatawan.

A. Tumatangging Aminin ang Pagkakakilanlan at Diwa ng Diyos

Simulan natin sa pagbabahaginan ng unang punto: Ang mga anticristo ay tumatangging aminin ang pagkakakilanlan at diwa ng Diyos. Ano ba ang pagkakakilanlan ng Diyos? Para sa lahat ng nilikha, ang Diyos ang Lumikha, kaya ano ang Kanyang pagkakakilanlan para sa lahat ng bagay? (Ang May Kataas-taasang Kapangyarihan sa lahat ng bagay.) Tumpak din ang titulong ito, ngunit ano ang tunay na pagkakakilanlan ng Diyos? Kapag tinutukoy ang Diyos, puwede ba ninyong direktang tawagin Siya bilang “ang May Kataas-taasang Kapangyarihan sa lahat ng bagay”? Para itong kung paanong ang

pagkakakilanlan ng iyong ina para sa iyo ay bilang ang taong nagsilang at nagpalaki sa iyo, pero puwede mo ba siyang tawaging “ang taong nagsilang at nagpalaki sa akin”? (Hindi.) Ano ang tawag mo sa kanya? (Nanay.) Iyan ang tawag mo sa iyong ina. Samakatwid, ang titulo ng Lumikha, ang May Kataas-taasang Kapangyarihan sa lahat ng bagay, ay Diyos, at tanging ang Diyos Mismo ang puwedeng tawaging Diyos. Para sa lahat ng nilikha at di-nilikhang bagay, ang Diyos ay Diyos; ang Kanyang pagkakakilanlan ay ang May Kataas-taasang Kapangyarihan sa lahat ng bagay, at ang Kanyang titulo ay Diyos. Ang Siyang may hawak ng titulong ito ay ang Diyos Mismo, Siya ang Diyos. Tanging Siya na karapat-dapat sa titulong Diyos ang nagtataglay ng pagkakakilanlan at diwa ng Diyos. Huwag muna nating pag-usapan ang salitang “diwa” sa ngayon, at sa halip, pag-usapan natin ang tungkol sa pagkakakilanlan. Ang Diyos Mismo, na nagtataglay ng pagkakakilanlan ng Diyos, ay gumagawa ng sarili Niyang mga bagay, nagpapahayag ng disposisyon ng Diyos, at pinangungunahan ang buong sangkatauhan at may kataas-taasang kapangyarihan sa buong sangkatauhan at sa lahat ng bagay gamit ang pamamaraan ng Diyos. Para sa mga naniniwala sa Diyos at kinikilala ang pagkakakilanlan ng Diyos, ang perspektiba nila sa lahat ng ginagawa ng Diyos ay lubos na naiiba sa perspektiba ng mga anticristo. Ang mga tamang nakakaunawa sa lahat ng ginagawa ng Diyos sa gitna ng lahat ng bagay ay makikita mula rito ang Kanyang pamamaraan ng pagkilos, at higit pa nilang mapapatunayan sa sarili nila ang Kanyang pag-iral sa gitna ng lahat ng bagay. Sa kabaligtaran, ang pananaw, pamamaraan, at anggulo ng pagtingin ng mga anticristo sa lahat ng bagay na ito ay ganap na salungat sa mga naniniwala na mayroong Diyos. Dahil dito, mas pipiliin pa ng mga anticristo na mamatay kaysa sa maniwala na mayroong Diyos, o maniwala na ang Siyang may kakayahang gawin ang lahat ng bagay na ito ay ang Siyang nagtataglay ng pagkakakilanlan ng Diyos, at na Siya lamang ang karapat-dapat na tawaging Diyos at ang karapat-dapat tawagin ng mga tao bilang Diyos.

Para sa maraming bagay na umiiral sa gitna ng lahat ng bagay at ng buong sangkatauhan, nakikita man ang mga ito ng mata o hindi, kung titingnan at iintindihin ng mga tao ang mga ito sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos at sa pagkamakatwiran ng normal na pagkatao, matutuklasan nila na pinangungunahan ng Diyos ang sangkatauhan sa gitna ng lahat ng bagay, at na umiiral nga talaga Siya. Ang mga batas ng lahat ng bagay at ang pag-unlad ng lahat ng bagay ay pinamamatnugutan at isinasaayos sa loob ng isang di-nakikita, di-mailarawang hanay ng mga tuntunin, kaya sino ang may kakayahang pamatnugutan at isaayos ang lahat ng ito? Hindi ito nagagawa ng sinumang dakilang tao, o ng sinumang bayani, at tiyak na hindi ito likas na nagaganap. Sa halip, ito ay ang Siyang di-nakikita at di-nahahawakan, ngunit nararamdaman ng tao, na may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng ito. Sino Siya? Siya ang Diyos. Hindi ba’t ang paniniwala na mayroong Diyos ang pinakapayak na pagkamakatwiran na dapat taglayin ng tao? Hindi ba’t ito ang pinakapayak, ang pangunahing pananaw at ang anggulo ng mga tao sa pagtingin sa mga bagay? Gayumpaman, walang ganitong pagkamakatwiran

ang mga anticristo, kaya't hindi nila tinitingnan ang mga bagay mula sa gayong pananaw at anggulo. Kaya, tungkol sa mga bagay na pinamatnugutan ng Diyos, na kaya lamang maramdaman ng sangkatauhan, at na hindi tuwirang ipinahayag ng Diyos sa sangkatauhan sa malinaw na wika, itinuturing ng mga anticristo na nagkataon lamang ang mga ito, gawa ng tao, likas na nabuo, o imahinasyon at manipulasyon pa nga ng mga tao. Kahit gaano mo pa patotohanan ang pag-iral ng Diyos, kahit gaano karaming katunayan ang gamitin mo para patunayan na nasa gitna ng lahat ng bagay ang Diyos, na nagtataglay ang Diyos ng pagkakakilanlan ng Diyos, at na tanging Siya na may pagkakakilanlan ng Diyos ang makagagawa ng mga bagay na ito, at makapag-aayos ng lahat ng bagay sa maayos na paraan, at na ang gayong May Kataas-taasang Kapangyarihan ang Siyang nagtataglay ng pagkakakilanlan ng Diyos, makikita ba ito ng mga anticristo sa ganitong paraan? Maiintindihan ba ito ng mga anticristo sa ganitong paraan? (Hindi.) Kahit gaano karaming katunayan ang ipresenta mo para patunayan ito, hindi pa rin ito paniniwalaan o aaminin ng mga anticristo. Kahit na wala silang sinasabi sa panlabas, at kahit hindi nila kayang magbigay ng ebidensiya para pabulaanan ito, sa kaibuturan, paulit-ulit nila itong tinututulan at ayaw aminin, at paulit-ulit nila itong pinagdududahan. Iniisip nila na mga hangal ang mga taong naniniwala sa pagkakakilanlan ng Diyos, at na nailigaw sila, at na isang bagay ito na ginagawa at iniisip lamang ng mga hindi pa hinog ang pag-iisip. Sa pananaw nila, ang malayang kalooban ng tao ay dapat na kontrolado ng tao mismo at malayang naipapahayag. Iniisip nila na dapat bumuo ng mga opinyon ang mga tao tungkol sa mga pangyayaring nagaganap sa gitna ng lahat ng bagay sa anumang paraan na piliin nila, at na dapat tingnan ang mga pangyayaring ito sa pamamagitan ng pamamaraang pang-agham at perspektibang pang-agham, na hindi dapat maging sobrang mapamahiin ang mga tao, o gamitin ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos para ipaliwanag ang lahat ng bagay, o harapin ang lahat ng bagay gamit ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos. Halimbawa, sa iglesia, maraming kapatid ang nakaranas ng maraming tanda at kababalaghan na ginawa ng Diyos mula nang tanggapin nila ang Kanyang pagliligtas. Nagpapatotoo sila tungkol sa kung paano sila pinangunahan ng Diyos noong panahong iyon, kung paano ipinakita ng Diyos sa kanila na tunay nga Siyang umiiral sa pamamagitan ng mga pangyayaring ito, at na tunay na ginawa Niya ang mga ito, pati na rin ang mga napakalaking pagpapala at biyayang natanggap nila sa pamamagitan ng mga pangyayaring ito. Nariyan ang ebidensiya, kapwa sa mga patotoo at sa pisikal na patunay. Ang pananalig ng mga naniniwala na mayroong Diyos ay pinalalakas ng mga patotoo at pisikal na patunay na ito, pero nagbabago ba ang pananaw ng mga anticristo, na hindi naniniwala na mayroong Diyos, pagkatapos marinig ang mga ito? (Hindi.) Paano mo malalaman? Sapagkat, gaano man katotoo ang mga sinasabi mo o gaano man karaming tao ang personal na nagpapatunay sa patotoo mo, hindi ito paniniwalaan ng mga anticristo. Sasabihin nila, "Maliban na lamang kung ako mismo ang makaranas nito, kung hindi ko ito nakita, hindi ito totoo. Ang naranasan mo ay nagkataon lamang, isang hindi sinasadyang pangyayari.

Hindi ba't nakakaranas ang lahat ng tao ng mga mapanganib o nagkataong pangyayari sa buhay nila? Nagpapatunay ba ang mga nagkataon at hindi sinasadyang pangyayaring ito na gawa ito ng diyos? Pinapatunayan ba nito na ang gumagawa ng mga bagay na ito ay ang diyos? Baka naman imahinasyon mo lamang ito, baka mapalad ka lang na may isang mabuting tao na tumulong sa iyo, o baka hindi mo pa talaga oras na mamatay at mapalad kang nakaligtas." Kita mo, inaamin ba nila ang mga bagay na ginawa ng Diyos sa mga taong ito? (Hindi nila inaamin.) Hindi nila inaamin o pinaniniwalaan ang mga bagay na ginawa ng Diyos sa mga kapatid, ni hindi sila naniniwala na kayang gawin ng Diyos ang gayong mga gawa, o na talagang nangyari ang mga naranasan ng mga kapatid. Iniisip nila, "Paano magkakaroon ng gayong mga bagay sa mundo? Kung mayroon man, bunga lamang ang mga ito ng imahinasyon ng tao. Gaya ng kasabihan, 'Kung ano ang iniisip mo sa umaga, iyon ang mapapanaginipan mo sa gabi.' Pawang ilusyon lamang ang mga bagay na ito." Kapag naririnig ng mga anticristo kung paano naranasan ng mga kapatid ang ilang tanda at kababalaghan, ang ilang espesyal na biyaya at pagpapala ng Diyos, at ang ilang bagay na lampas sa abot ng karaniwang tao, hindi nila ito pinaniniwalaan. Kaya, mapapaniwalaan ba ng mga anticristo ang kaliwanagan at patnubay na nakakamit ng mga kapatid habang naranasan nila ang mga salita ng Diyos? Hindi rin nila iyon pinaniniwalaan. Hindi sila naniniwala na ang Diyos ay nagbibigay-liwanag, tumatanglaw, at gumagabay sa mga tao. Iniisip nila na nagmumula sa isip ng tao ang lahat ng ito, mula sa pagsusuri at pang-unawa ng tao batay sa kaalaman, at na ito ang nagbubunga ng mga patotoong batay sa karanasan. Naniniwala sila, "Kung ang mga tao ay mag-iisip nang mabuti at magsisikap sa direksyong ito, hindi ba't makakamtan nila ang kaunting kaalaman? Kung magsisikap din ako, at mag-iisip nang mabuti at magbubulay-bulay nang husto tungkol dito, kung gayon, gaya ng pagsusulat ng isang artikulo, makakagawa rin ako ng ilang patotoong batay sa karanasan." Kaya, pagdating sa mga patotoong batay sa karanasan ng mga kapatid, kung saan nagpapatotoo sila sa kung paano sila pinangunahan ng Diyos, kung paano Niya sila binigyang-liwanag at tinanglawan, kung paano Niya sila hinatulan, kinastigo, pinungusan, at dinisiplina, at kung paano naghanda ang Diyos ng mga sitwasyon para subukin at pinuhin sila, pati na rin kung paano nila naunawaan ang mga layunin ng Diyos mula rito, at iba pa, hindi inaamin o pinaniniwalaan ng mga anticristo ang alinman sa mga gawang ito ng Diyos. Iniisip nila na imposible ang lahat ng bagay na ito. Hindi inaamin o pinaniniwalaan ng mga anticristo ang mga pangyayaring ito na nagaganap sa mga kapatid. Pinatutunayan ba nito ang diwa ng mga anticristo na ganap na tumatangging aminin ang pagkakakilanlan ng Diyos? Sa katunayan, hindi ito ang pinakamakapangyarihang ebidensiya para patunayan ang diwa ng mga anticristo na tumatangging aminin ang pagkakakilanlan ng Diyos.

Pansamantala muna nating lampasan ang saklaw ng iglesia at ng mga kapatid, at suriin natin ang mga pananaw ng mga anticristo sa iba't ibang usapin sa mga grupo ng tao at sa tunay na buhay. Ano-ano ang mga usaping ito? (Ang pagsilang, pagtanda,

pagkakasakit, at pagkamatay ng mga tao, pati na ang mga pagbabago sa lipunan, mga pagbabago sa politika, at ang pagdating ng mga kalamidad. Hindi nalalaman ng mga anticristo ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa loob ng alinman sa mga bagay na ito.) (Hindi naniniwala ang mga anticristo na nasa mga kamay ng Diyos ang tadhana ng mga tao, sa halip, gusto nilang lumikha ng isang magandang bayan gamit ang kanilang sariling mga kamay.) Mga partikular na pagpapamalas ito na tumatalakay sa diwa ng usapin. Nakikita ba ng mga anticristo na ang tadhana ng tao, ang buhay at kamatayan, at ang lahat ng karanasan ng bawat tao sa buhay ay nasa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos? Hindi nila ito nakikita. Halimbawa, may isang kilalang kasabihan sa lipunan: “Ang mga gumagawa ng mga tulay at nagkukumpuni ng mga daan ay nagiging bulag, samantalang ang mga anak ng mga mamamatay-tao at arsonista ay dumarami.” Makabuluhang tuntunin ba para sa isang bagay ang kasabihang ito? Ito ba ang katotohanan? Isang pilosopikal na teorya ba ito? (Hindi.) Kung gayon, saan nagmula ang kasabihang ito? Tiyak na hindi ito mula sa mga nananampalataya sa Diyos; isa itong mababaw na penomenon sa kalagayan ng pamumuhay ng iba’t ibang tao sa pag-unlad ng sangkatauhan. Naniniwala ang mga tao na walang katarungan sa mundo, na kapag mas maraming mabuting gawa ang isang tao, mas malamang na mabubulag siya, at mas malamang na maharap siya sa paghihiganti, samantalang kapag mas maraming kasamaang ginagawa ang isang tao, mas umuunlad at nagtatagumpay siya sa mundo. Ang mga batas ba ng pag-unlad ng iba’t ibang bagay sa sangkatauhan ay naaayon sa kasabihang ito sa anumang paraan? Mayroon ding kasabihang, “Ang mabubuting tao ay namamatay nang maaga habang ang masasamang tao ay nabubuhay hanggang sa pagtanda.” Anong klaseng mga tao ang nag-isip ng kasabihang ito? Nalalaman ng mga tao ang mga uri ng kasabihang ito bilang mga salawikain; anong klaseng mga tao ang may kakayahang magsalita ng mga salawikaing ito? Nananampalataya ba sila sa Diyos? Naniniwala ba sila na mayroong Diyos? (Hindi.) May ilang uri ng mga siniko na hindi nagtatagumpay sa lipunan at sa mga tao, na nahaharap sa mga hadlang saanman, na may mabigat na kapalaran, at hindi natutupad ang mga adhikain nila, at hindi sila umuunlad saanman sila pumunta. Iniisip nila na medyo mahusay at may kakayahan naman sila, pero hindi pa rin nila magawang sumikat, umunlad, lampasan ang iba, o bigyan ng karangalan ang mga ninuno nila. Saanman sila pumunta, iniwasan, inaapi, at sinusupil sila, at wala silang kakayahang makawala mula sa lahat ng ito. Kalaunan, nabubuo nila ang kongklusyon na: “Walang katarungan sa lipunan o sa sangkatauhan, walang gantimpala para sa mabuti at parusa para sa masama, o paghihiganti. Gumagawa ng masasamang bagay ang masasamang tao nang hindi napaparusahan, samantalang ang mabubuting tao na gumawa ng maraming mabuting bagay, tulad ng pagbibigay ng donasyon at pagtulong sa mahihirap, ay hindi nakakatanggap ng gantimpala sa huli. Kaya huwag maging mabuti; wala rin naman itong silbi. Ang mabubuting tao ay nauuwi sa pagkabulag—dapat maging masamang tao na lamang.” Dahil hindi sila nagtatagumpay sa mundo at sa mga grupo ng mga tao, nagrereklamo sila sa kawalan ng katarungan at

hustisya sa mundo, at sa kawalan ng tagapagligtas sa mundo. Iniisip nila na nagawan sila ng masama ng lahat ng tao dahil walang nakakakita sa kanilang mga kalakasan o kahusayan, at walang naglalagay sa kanila sa mahahalagang posisyon. Kaya, bumubuo sila ng ganitong uri ng baluktot na teorya upang magreklamo tungkol sa sangkatauhan at sa mundo. Sa realidad, may mga dahilan ba sa likod ng pangyayari ng iba't ibang bagay na ito? Mayroon bang mga ugnayang nagsanhi ng mga ito? Tiyak na mayroon! Pareho ang pananaw ng mga anticristo sa mga taong ito; hindi sila naniniwala na ang Diyos ay may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay, ni hindi sila naniniwala na ang lahat ng may kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos—na may pagkakakilanlan ng Diyos—ay matuwid. Samakatwid, bukod sa hindi inaamin ng mga anticristo na ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay kumakatawan sa Kanyang pagkakakilanlan, naniniwala rin sila sa mga baluktot na teorya at mga maling paniniwala na kumakalat sa lipunan. Naniniwala sila na totoo ang mga baluktot na teorya at maling paniniwalang iyon, at tanging ang mga nagtatagumpay sa mundong ito, na sinasamba at sinusunod, ang puwedeng tawaging ang mga diyos sa kanilang puso, at ang mga nasa puso nila na may pagkakakilanlan ng mga diyos. Halimbawa, sa mga alamat ng Tsina, may mga tauhan tulad ng Inang Reyna ng Kanluran, ang Jade Emperor, ang Walong Imortal, Guanyin, at ang Buddha—ang mga ito ang tunay na sinasamba ng mga anticristo sa puso nila. Sa mga alamat na ito, ang Jade Emperor ang pinakadakila; may kapangyarihan siyang parusahan ang mga makasalanan sa kalangitan sa pamamagitan ng pagpapababa sa kanila sa mortal na mundo. Kapag narinig ito ng mga anticristo, labis silang humahanga sa kanya, iniisip na, “Tunay na isang diyos ang Jade Emperor! Mayroon siyang asal, tindig, at mga kakayahan ng isang diyos!” Ang mga alamat na ito, kasama ang mga diumano’y imortal na pinag-aalayan ng publiko, ay nag-iwan ng malalim na impresyon sa mga tao. Naniniwala sila, “May dakilang kasanayan at kapangyarihan ang mga diumano’y imortal na ito. Karapat-dapat silang tawaging mga diyos. Nagagawa nilang magbigay ng pahayag ng resolusyon sa kalangitan tungkol sa lahat ng hindi makatarungan at hindi kasiya-siyang bagay na nangyayari sa mundo, at kung naghahanap ng katarungan ang isang tao, makakakuha siya ng sagot mula sa mga imortal na ito. Halimbawa, ang mga makasaysayang tauhan tulad nina Bao Gong at Guan Gong ay nagtataguyod ng katarungan para sa sangkatauhan sa espirituwal na mundo. Kapag namaltrato ang isang tao, at hindi makatarungan ang mga hukuman, kung dadalhin niya ang kanyang kaso kay Bao Gong o Guan Gong, tiyak na makakamit niya ang katarungan.” Naniniwala ang mga tao na ang mga karakter na ito mula sa mga kuwentong-bayan ay makakapagbigay ng katarungan para sa sangkatauhan, makakapagparusa sa masasamang tao, at maiwawasto ang lahat ng kawalan ng katarungan sa mundo, na nagbibigay-daan sa mga nagdurusa at nahihirapan na tumigil na sa pagluha. Iniisip nila na ang mahihirap na tao na nasa laylayan ng lipunan, ang mga walang kakayahan at inaapi, ay kailangan lamang mag-alay, maniwala, at sumunod sa mga tauhang ito para makatakas sa lahat ng paghihirap nila, at malutas ang lahat ng pang-aabuso at pang-aaping kinakaharap

nila. Katulad nito, sa kanilang puso at isipan, naniniwala ang mga anticristo na ang mga diyos ay dapat maging katulad ng diumano'y Bodhisattva at Buddha, nilulutas ang lahat ng pagdurusa ng tao at inililigtas ang mga tao mula sa dagat ng kalungkutan. Halimbawa, ang isang lalaki na ang ina ay may malubhang sakit at hindi na magagamot ng medisina, ay napakabuting anak at ayaw niyang mamatay ang kanyang ina, kaya kada araw, nagsusunog siya ng tatlong piraso ng insenso at nag-aalay ng masasarap na pagkain at inumin sa isang idolo ng Guanyin Bodhisattva. Pagkatapos ay nangako siya: Kung magagamot ang sakit ng kanyang ina at mabubuhay siya ng 30 taon pa, handang ipalit ng anak ang 30 taon ng sarili niyang buhay, maging vegetarian habambuhay, at hindi na muling papatay ng anumang nilalang. Matapos niyang sunugin ang insenso, magpatirapa at ibigay ang panatang ito, at ialay ang tapat niyang puso, gumaling ang sakit ng kanyang ina. Ibig bang sabihin nito ay narinig ni Bodhisattva ang panata ng anak? Ibig bang sabihin nito ay mabubuhay ang kanyang ina ng 30 taon pa at mababawasan ang buhay niya ng 30 taon? Hindi. Pero dahil naniniwala siya, kumbinsido siya na totoo ito. Pagkatapos ay sinimulan niyang tuparin ang panata niya sa pamamagitan ng pagiging vegetarian. Isang araw, naisip niya: "Gumaling na ang aking ina, at hindi ko na kailangang problemahin na hindi magtatagal ang buhay niya, kaya puwede ko bang sirain ang panata ko sa hinaharap? Puwede ba akong kumain ng hita ng manok? Kung gusto kong kumain ng isa, puwede naman." Pagkatapos niyang kainin ang hita ng manok, gumaan ang pakiramdam niya, at naging payapa ang kanyang puso, pero kinabukasan, nagsuka at nag-diarrhea siya, at ilang araw siyang nagkasakit at hindi bumubuti ang kalagayan niya. Sa ikaapat na araw, naisip niya: "Parusa ba ito mula sa Bodhisattva? Hindi ba niya ako pinapayagang kumain ng karne? Mukhang epektibo talaga ang mga salitang sinabi ko noon—hindi ako puwedeng kumain ng karne!" Nang naisip niya ito, agad siyang nagsunog ng tatlong piraso ng insenso, nag-alay ng maraming masarap na pagkain, at inamin ang kasalanan niya. Gumaling kinabukasan ang sakit niya. Nang nakita niya na napakaepektibo ng Bodhisattva, mas lalo siyang naniwalang: "Kapag kumikilos ang mga tao, nagmamasid ang Bodhisattva. Hindi ko siya dapat lansihin, dapat kong tuparin ang panata ko, o haharapin ko ang parusa niya!" Mula noon, lalo niyang naramdaman na banal at hindi dapat labagin ang titulong "Bodhisattva." Nagsusunog siya ng tatlong piraso ng insenso araw-araw at nag-aalay tuwing may mga pista at pista opisyal. Sa paglipas ng panahon, lalong lumakas sa gayong tao ang paniniwalang mga diyos ang mga idolong inaalayan ng mga tao tulad ng Jade Emperor, Guanyin Bodhisattva, Guan Gong, at iba pa. Naging matatag ang katayuan ng mga ito sa puso niya, nang walang anumang pag-aalinlangan o pagdududa. Kahit na hindi naranasan ng mga anticristo ang mga bagay na ito o hindi sila nag-alay sa mga idolo o clay figure na ito sa bahay, paminsan-minsan nilang naririnig o nararanasan ang gayong mga bagay sa mga kakilala nila. Halimbawa, naririnig nila kung paano pinagaling ni Buddha ang sakit ng isang tao o kung paano ito nagbigay ng hustisya sa pamamagitan ng pagpaparusa sa masasamang tao, o kung paano yumaman ang isang

tao matapos ayusin ng isang Feng Shui master ang ilang bagay sa bahay niya, o kung paanong ang isang tao na kumonsulta sa isang Feng Shui master o Yin Yang master tungkol sa mga puntod at pagpili ng mga libingan ay nagdulot na maging matataas na opisyal o magtamasa ng malaking tagumpay sa propesyon nila ang kanilang mga inapo, at iba pa. Nag-iiwan ang mga bagay na ito ng impresyon sa isipan ng mga anticristo na dapat magtaglay ang mga diyos ng mga kakayahan at kapangyarihan tulad ng diumano'y mga buddha at emperador na ito na nakakasalamuha at nakikita ng mga tao sa pang-araw-araw nilang buhay. Iniisip pa nga nila na ang mga diyos ay dapat maging katulad ng mga idolong iyon na inaalayan ng mga tao, nagpapakita ng mga tanda at kababalaghan sa mga tao para magdulot ng takot at pagkamangha. At kung hindi ito ginagawa ng isang diyos, iniisip nila na hindi ito dapat ituring na isang diyos. Sa gayong mga pananaw at pagkaunawa sa mga diyos, ano ang nagiging konsepto ng diyos para sa mga anticristo? Sa isipan nila, ang isang nilalang na tulad ng Jade Emperor, na kayang magpadala ng mga sundalo ng langit para itapon ang mga lumalabag sa mga batas ng langit sa mortal na mundo anumang oras at saanmang lugar, ay tunay na isang diyos, at ang siyang nagtataglay ng pagkakakilanlan ng isang diyos. O, isang idolo na inaalayan ng mga tao na kaya silang payamanin at maging mataas na opisyal—para sa mga anticristo, karapat-dapat ding magtaglay ng pagkakakilanlan ng mga diyos ang gayong mga nilalang. Ito ang panloob na pananaw at pagkaunawa ng mga anticristo tungkol sa pagkakakilanlan ng mga diyos. Kaya, kapag kumikilos ang Diyos sa lupain kung saan nahihimlay ang malaking pulang dragon, at inaaresto ang ilang kapatid, napipinsala ang iglesia, at nahahadlangan at nagugulo ang gawain ng Diyos, ano ang iniisip ng mga anticristo? “Kung ito ay diyos, bakit nangyayari ang gayong mga bagay sa iglesia? Kapag inaaresto ang mga kapatid, dapat magpakita ang diyos ng mga pangitain sa kalangitan, at magpadala ng kulog at galit, na magdudulot sa masasamang pulis na umaaresto sa mga kapatid para magtatakbo sa takot tulad ng mga takot na daga. Bakit hindi ko pa naririnig ang tungkol sa gayong mga pangyayari? Dahil sumusunod sa diyos ang mga taong ito at hinirang na mga tao sila ng diyos, bakit hindi sila inililigtas at pinoprotektahan ng diyos? Masugid at malupit na inuusig ng malaking pulang dragon ang mga sumusunod sa diyos. Bakit hindi pumaparito ang diyos sa lupa upang ipagkaloob ang katarungan para sa sangkatauhan? Bakit hindi hinahadlangan ng diyos ang malaking pulang dragon? Bakit hindi niya pinaparusahan ang malaking pulang dragon? Siguro naman, hindi lang kayang magsalita at magtustos ng katotohanan ng diyos na may pagkakakilanlan ng diyos? Kung ihahambing sa Jade Emperor, Guanyin Bodhisattva, at Buddha, mukhang walang dakilang kakayahan at kasanayan ang diyos. Sinasabi nila na may kapangyarihan at awtoridad ang diyos, ngunit nasaan ang kapangyarihan at awtoridad na ito? Tunay bang diyos ang isang nilalang na kayang magtustos lamang ng katotohanan at walang kapangyarihan at awtoridad ng isang diyos? Kapag malapit nang arestuhin ang mga kapatid, dapat maglagay ang diyos ng pader sa harap ng masasamang pulis, o gawin niya silang bulag at pilay, at gawin silang

baliw o hangal. Bago pa man dumating ang panganib, dapat ipaalam ng diyos sa lahat ang paparating na panganib, dapat silang makarinig ng tinig, makaramdam ng malakas na sensasyon, at magkaroon ng malinaw na pag-iisip. Bakit hindi ginagawa ng diyos ang gayong mga bagay? Bakit hindi siya nagbibigay ng pahiwatig kapag papalapit ang ganitong uri ng sitwasyon? Kapag inaaresto, pinahihirapan, at inuusig ang mga tao, bakit hindi pinipigilan o pinaparusahan ng diyos ang mga diyablo at masasamang pulis na ito? Kapag pinoposasan nila ang mga kapatid, kapag hinahampas nila ng baton ang mga kapatid, bakit walang ginagawa ang diyos? Kung ito ay ang Jade Emperor o si Guanyin Bodhisattva, hindi niya kailanman hahayaang magdusa nang ganito ang mga tagasunod niya. Tiyak na makikialam at tutulong siya, gagawin niyang bulag ang masasamang pulis, babaluktutin ang mukha nila, gagawin silang mga baliw, papabulukin ang mga kamay at paa nila, bibigyan ng mga nakakamatay na sakit, at uudyukan sila na magpatayan. Bakit hindi ito ginagawa ng diyos? Nasaan nga ba ang diyos? Talaga bang umiiral siya? Kapag dumarating ang mga problema, hindi inililigtas ng diyos ang mga tao kahit na magdasal sila sa kanya, at hindi rin siya naghahanda ng mga sitwasyon para makatakas sila sa panganib. Kapag pinahihirapan ng masasamang pulis ang mga walang kalaban-labang taong ito, idinidikta ng sentido komun na dapat manghimasok, tumulong, at hindi basta na lamang tumayo sa isang tabi ang isang diyos, nang walang ginagawa, dahil hindi gusto ng mga diyos na makakita ng mga inhustisya sa mundo, at dapat na iligtas ng mga diyos ang mga tao mula sa kapighatian at iligtas ang lahat ng nilalang mula sa pagdurusa. Bakit hindi man lang ginagawa ng diyos na pinaniniwalaan ko ngayon ang gayong mga bagay? Talaga bang umiiral ang diyos na pinaniniwalaan ko?” Matapos makaranas ng maraming bagay, palaging nalilito at nagdududa ang mga anticristo. Pumupunta pa sila sa mga manghuhula at Yin Yang master habang naniniwala sila sa Diyos para magpabasa, para malaman kung ano ang kinabukasan nila, para alamin kung makukulong ba sila, kung magiging maayos ba ang trabaho nila, kung may masamang tao ba na maghihiganti sa kanila, o kung may paraan ba para maiwasan ang pagkakakulong kung ito ang kapalaran nila.

Sa proseso ng pananampalataya at pagsunod sa Diyos, laging may mga kuru-kuro na lumilitaw sa mga anticristo tungkol sa pagkakakilanlan at diwa ng Diyos, at palagi nilang tinatanong kung bakit nagsasalita lamang ang Diyos at hindi nagpapakita ng mga tanda at kababalaghan. Kahit na nagbabasa rin ang mga anticristo ng mga salita ng Diyos, hindi nila intensiyon na hanapin o tanggapin ang katotohanan, kundi binabasa nila ang mga ito nang may mentalidad ng pag-aaral at pagsusuri. Bilang resulta, bukod sa hindi sila nagkakaroon ng tunay na pananalig, lalo pa silang nagdududa, at nagkikimkim ng higit pang kuru-kuro tungkol sa Diyos na nagkatawang-tao, habang lalo silang nagsisiyasat. Ang pangunahing kuru-kuro nila ay naniniwala silang dapat magkaroon si cristo ng sobrenatural na pagkatao. Iniisip nila: “Kung may normal na pagkatao si cristo at hindi nagpapakita ng mga tanda o kababalaghan, paano mapapatunayan na diyos siya?” Sa puso ng mga anticristo, tanging ang espiritu ng diyos ang diyos, at tanging ang isang

laman na makakapagpakita ng mga tanda at kababalaghan ay ang diyos. Kung nagtataglay lamang ng normal na pagkatao ang isang laman at hindi nagpapakita ng mga tanda at kababalaghan, kahit na kaya niyang ipahayag ang katotohanan, hindi siya itinuturing na diyos. Samakatwid, hindi nakakagulat na palaging pinagdududahan ng mga anticristo ang diwa ng Diyos na nagkatawang-tao. Kahit gaano pa karaming bagay ang mangyari sa kanya, ang uri ng tao na isang anticristo ay hindi kailanman sumusubok na harapin ang mga ito sa pamamagitan ng paghahanap sa katotohanan na nasa mga salita ng Diyos, lalong hindi niya sinusubukang makita ang mga bagay-bagay sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos—ito ay ganap na dahil hindi siya naniniwala na ang bawat linya ng mga salita ng Diyos ay ang katotohanan. Paano man ibinabahagi ng sambahayan ng Diyos ang katotohanan, nananatiling hindi tumatanggap ang mga anticristo, at bunga nito ay wala silang tamang saloobin anuman ang sitwasyong kinakaharap nila; partikular na, pagdating sa kung paano nila hinaharap ang Diyos at ang katotohanan, matigas na tumatanggi ang mga anticristo na isantabi ang kanilang mga kuru-kuro. Ang diyos na kanilang pinaniniwalaan ay isang diyos na nagsasagawa ng mga tanda at kababalaghan, ang isang sobrenatural na diyos. Sinumang nakakagawa ng mga tanda at kababalaghan—si Guanyin Bodhisattva man, si Buddha, o si Mazu—tinatawag nilang mga diyos. Naniniwala sila na tanging ang mga makakagawa ng mga tanda at kababalaghan ay ang mga diyos na may taglay na pagkakakilanlan ng diyos, at ang mga hindi nakakagawa, gaano man karami ang katotohanang kanilang naipapahayag, ay hindi tiyak na mga diyos. Hindi nila nauunawaan na ang pagpapahayag ng katotohanan ay ang dakilang kapangyarihan at pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos; sa halip, iniisip nila na ang paggawa lamang ng mga tanda at kababalaghan ang dakilang kapangyarihan at pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng mga diyos. Kaya, tungkol sa praktikal na gawain ng Diyos na nagkatawang-tao sa pagpapahayag ng katotohanan para lupigin at iligtas ang mga tao, sa pagdidilig, pagpapastol, at pangunguna sa mga hinirang na tao ng Diyos, sa pagpaparanas sa kanila ng aktuwal na paghatol, pagkastigo, mga pagsubok, at pagpipino ng Diyos, at para maunawaan ang katotohanan, maiwaksi ang mga tiwaling disposisyon nila, at maging mga tao na nagpapasakop at sumasamba sa Diyos, at iba pa—itinuturing ng mga anticristo ang lahat ng ito bilang gawain ng tao, at hindi ng Diyos. Sa isipan ng mga anticristo, dapat magtago ang mga diyos sa likod ng isang altar at tumanggap ng mga handog, kinakain ang mga pagkaing inihahandog ng mga tao, nilalanghap ang usok ng insensong sinusunog ng mga tao, tumutulong kapag may problema ang mga ito, ipinapakitang napakamakapangyarihan nila at nagbibigay ng agarang tulong sa mga tao sa saklaw ng kung ano ang nauunawaan ng mga tao, at tinutugunan ang kanilang mga pangangailangan, kapag humihingi ng tulong ang mga tao at taimtim sila sa kanilang mga taimtim na kahilingan. Para sa mga anticristo, ang diyos lamang na kagaya nito ang isang tunay na diyos. Samantalang hinahamak naman ng mga anticristo ang lahat ng ginagawa ng Diyos sa kasalukuyan. At bakit ganoon? Kung pagbabatayan ang kalikasang diwa ng mga anticristo, ang kinakailangan nila ay hindi ang gawain ng pagdidilig,

pagpapastol, at pagliligtas na ginagawa ng Lumikha sa mga nilikha, kundi ang kasaganaan at katuparan ng kanilang mga kahilingan sa lahat ng bagay, upang huwag maparusahan sa buhay na ito, at mapunta sa langit sa mundong darating. Kinukumpirma ng kanilang pananaw at mga pangangailangan ang kanilang diwa ng pagkamuhi sa katotohanan. Mahilig ang mga anticristo sa kabuktutan, sa sobrenatural, at sa mga himala, at maging sa pagsamba sa mga kilos at maladiyablong salita ni Satanas at ng masasamang espiritu—na mga negatibo at buktot na bagay—bilang banal at bilang ang katotohanan. Itinuturing nila ang mga ito bilang mga pakay ng panghabambuhay nilang pagsamba at paghahangad, at bilang mga bagay na dapat pahalagahan at ipalaganap sa mundo. Dahil dito, hindi kailanman magbabago ang kanilang mga kuru-kuro at pananaw tungkol sa pagkakakilanlan ng Diyos habang sumusunod sila sa Diyos. Kung hindi maisasakatuparan ng gayong mga tao ang mga ambisyon nila sa sambahayan ng Diyos, kung hindi maitataas ang kanilang ranggo o kung hindi sila magagamit, at hindi nila makakamit ang mabilis at malaking tagumpay, magiging handa silang ipagkanulo ang Diyos anumang oras, sa anumang sandali, at saanmang lugar. Sampung taon nang nananampalataya ang ilan sa mga taong ito, ang iba naman ay 20 taon na, at aakalain mong mayroon na silang pundasyon, at hindi nila iiwan ang Diyos, pero sa realidad, handa silang ipagkanulo ang Diyos at bumalik sa sekular na mundo anumang oras. Kahit hindi sila umalis sa iglesia, ang mga puso nila ay lumayo na sa Diyos at ipinagkanulo na ang Diyos. Sa tuwing tinutulutan ng mga sitwasyon o lumilitaw ang mga oportunidad, maniniwala sila sa mga huwad na diyos at masasamang espiritu. Kung magkaroon sila ng pagkakataong makamit ang biglaang tagumpay, na maging isang mataas na opisyal, maging sikat, at matamasa ang kaluwalhatian at kayamanan, hindi sila mag-aatubiling lisanin ang iglesia at sumunod sa mga kalakaran ng sekular na mundo. Tinatanong ng ilang anticristo, “Kung diyos siya, bakit siya inuusig at hinahabol ng malaking pulang dragon? Kung diyos siya, bakit hindi siya nagpapakita ng mga tanda at kababalaghan para puksain ang malaking pulang dragon? Napakaraming hinirang na mga tao ng diyos ang nahuli at inusig ng malaking pulang dragon. Bakit hindi sila pinoprotektahan at inililigtas ng diyos mula sa pang-uusig ni Satanas?” Katulad lamang ito ng iniisip ng mga Pariseo ng Hudaismo, “Kung diyos si Jesus, bakit siya ipinako sa krus? Bakit hindi niya mailigtas ang sarili niya?” Hindi ito kailanman nauunawaan ng mga anticristo dahil hindi nila tinatanggap ang katotohanan, at hindi sila naniniwala na matutupad ang lahat sa pamamagitan ng salita ng Diyos. Naniniwala lamang sila sa nakikita nila, at wala silang pananalig sa halaga o importansiyang ipinakita ng lahat ng gawaing ginawa ng Diyos. Hindi sila naniniwala na ang katotohanan ang bawat salitang ipinapahayag ng Diyos at na matutupad at magkakatotoo ang bawat salita Niya; hindi sila naniniwalang ginagamit ang karunungan ng Diyos batay sa mga pakana ni Satanas, o na ginagamit ng Diyos ang malaking pulang dragon para magserbisyo bilang isang hambingan na magbubunyag ng Kanyang pagkamakapangyarihan-sa-lahat at karunungan. Hindi sila naniniwala na ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay

at na isinasakatuparan ng mga salita ng Diyos ang lahat ng bagay, kaya mga mananampalataya pa rin ba sa Diyos ang mga anticristo? Hindi. Ang mga anticristo ay mga taong tumatatwa at lumalaban sa Diyos; ganap silang mga hindi mananampalataya.

Ano ang mga pangunahing dahilan sa likod ng pagtanggap ng mga anticristo na aminin ang pagkakakilanlan ng Diyos? Isa na rito ay ang hindi pagtutuwid ng Diyos sa lahat ng kawalan ng katarungan sa mundo, ang hindi Niya pagbibigay ng katarungan para sa sangkatauhan, o hindi agarang pagpaparusa sa mga gumagawa ng kasamaan, tulad ng iniisip ng mga anticristo na dapat Niyang gawin ayon sa mga kuru-kuro nila. Araw-araw, maraming nagaganap na hindi makatarungang pangyayari sa loob ng lahat ng bagay na may kataas-taasang kapangyarihan ang Diyos, pero tila walang pakialam ang Diyos dito, at wala Siyang sinasabi o ginagawa bilang tugon. Sa mata ng mga anticristo, ang lahat ng nakikita nilang nagaganap sa mundo na saklaw ng nararanasan nila ay hindi umaayon sa mga kuru-kuro nila, at hindi dapat nangyayari. Bakit nila iniisip na hindi dapat mangyari ang mga bagay na ito? Iniisip nila: “Kung mayroong diyos, bakit hindi niya inaasikaso ang mga bagay na ito? Kung mayroong diyos, bakit maraming masamang tao ang namumuhay pa rin nang maayos? Bakit ang mayayaman ay lalong yumayaman at ang mahihirap ay lalong naghihirap? Bakit ang mayayaman ay kumakain ng masasarap na pagkain araw-araw, at labis na nagsasaya, habang marami pa rin ang kailangang mamalimos ng pagkain? Bakit inaapi, sinusupil, at sinasamantala ang mga taong totoo? Bakit nagtatrabaho at nagpapawis ang ilang tao, gumagawa nang mahigit walong oras bawat araw para sa napakaliit na kita, samantalang sa isang oras ay kumikita ang iba nang higit sa kayang kitain ng isang tao sa buong buhay niya? Bakit hindi tinutugunan ng diyos ang mga kawalang-katarungang ito sa lipunan at sa mundo? Bakit ipinanganak ang ilan na may pilak na kutsara sa kanilang bibig habang ang iba ay ipinanganak sa kahirapan at kapaguran? Bakit nagagawang tamasahin ng ilan ang kaluwalhatian at kayamanan, at ang mapagmahal na kalinga ng kanilang mga pamilya sa buong buhay nila, habang ang iba ay hindi, kahit sila ay ipinanganak sa parehong panlipunang kapaligiran?” Walang-hanggang di-malulutas na palaisipan ang mga ito sa puso ng mga anticristo. Iniisip nila na dahil nananampalataya sila sa Diyos, dapat nilang ipaubaya sa Diyos ang lahat ng bagay na hindi nila makilatis o nauunawaan, at ang lahat ng palaisipang ito na hindi nila kayang lutasin, at hilingin sa Kanya na magbigay ng mga solusyon, at na dapat nilang makita ang mga sagot sa mga ito sa mga salita ng Diyos. Gayumpaman, matapos manampalataya sa Diyos sa loob ng tatlo hanggang limang taon, hindi pa rin nila nahanap ang mga sagot na ito, at pagkatapos manampalataya sa loob ng walo hanggang 10 taon, hindi pa rin nila mahanap ang mga ito. Pagkatapos nilang manampalataya sa loob ng 20 taon, nagtataka sila, “Bakit wala pa rin akong nakukuhang sagot? Bakit hindi pa rin nalulutas ng diyos ang mga isyung ito? Bakit hindi kumikilos ang diyos tulad ni Guanyin Bodhisattva o tulad ng Jade Emperor? Ang diyos ay may awtoridad at kapangyarihan, at may pagkakakilanlan ng Diyos, kaya dapat ginagawa niya ang mga bagay na ito! Lalo na sa iglesia, bakit madalas na lumilitaw ang

masasamang tao at nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan, nagnanakaw pa nga ang ilan ng mga handog nang hindi nagdurusa ng anumang mga kahihinatnan? Madalas na nagsisinungaling ang ilan, at nagpapakalat ng mga kuru-kuro at walang batayang tsismis ang ilan, nang hindi dinidisciplina o pinaparusahan ng diyos; ang iba naman ay bigla na lamang humihinto sa pananampalataya sa diyos at nagtatrabaho sa lipunan, at pagkatapos ng ilang taon, yumayaman sila nang hindi man lamang naghihirap kailanman. Ang ilang mananampalataya ay namumuhay nang mas mahirap kaysa sa mga hindi nananampalataya sa diyos. Sa katunayan, nagdurusa ang mga mananampalataya sa diyos, at marami sa kanila ang inuusig, hindi makabalik sa mga tahanan nila, at namumuhay sa kahirapan at kapighatian. Ito ba talaga ang kahulugan ng pananampalataya sa diyos? Ito ba talaga ang halaga ng pagsunod sa diyos? Ito ba talaga ang uri ng buhay na gustong ibigay ng diyos sa mga tao? Kapag may mga bagay na hindi kayang gawin ng mga tao, bakit hindi gumagawa ng isang hindi pangkaraniwang bagay ang diyos para maunawaan at maintindihan nila ito agad? Maraming bagay ang hindi nauunawaan ng mga tao, at hindi nila alam kung bakit kumikilos ang diyos nang gayon. Bakit hindi nagsisindi ang diyos ng isang lampara upang bigyang-liwanag ang puso ng mga tao? Bakit hindi siya nagbibigay ng inspirasyon sa mga tao? Kapag gumagawa ng kasamaan ang mga tao, at nagdudulot ng pagkagambala at kaguluhan, hindi tumitindig ang diyos para direktang isumpa ang masasamang taong iyon, at ipalaspas sa kanila ang kaparusahan. Hindi pa ako nakakita ng maraming pagkakataong ginagawa ng diyos ang gayong mga bagay. Minsan, kailangan ng mga tao ang kaliwanagan, pagtanglaw, at pagtutustos ng diyos, kaya bakit hindi nila maramdaman o makita ang diyos? Nasaan ang diyos?” Ang lahat ng “bakit” na ito ay nananatiling walang sagot sa puso ng mga anticristo. Hindi nila nauunawaan kung bakit ang mga bagay at penomenong ito ay hindi kailanman nagbabago, nababaliktad, at lalong hindi bumubuti. Iniisip nila na ang pananampalataya sa Diyos ay dapat magdulot ng ganap na pagbabago sa mga tao, at na ang buong buhay nila, asal, kaisipan, at lalo na ang kalidad ng buhay nila, at ang kanilang mga abilidad at kasanayan, ay dapat pawang umunlad sa isang positibong direksyon. Bakit hindi nila makita ang mga pagbabagong ito matapos ang 10 o 20 taon ng pagmamasid? Hindi kailanman nalulutas o natutupad ang mga bagay na pinapangarap o pinapantasya ng mga tao sa mga kuru-kuro nila matapos silang manampalataya sa Diyos. Kaya, ano ang kahulugan ng pananampalataya sa Diyos? Ano ang halaga ng pananampalataya at pagsunod sa Diyos? Nananatiling hindi nalulutas at walang sagot ang mga tanong na ito sa puso ng mga anticristo at hindi natatanto o natutupad ang mga ito ayon sa nasa imahinasyon ng mga anticristo, kaya hindi kailanman umiiral ang diyos na nasa isip ng mga anticristo. At natural, ang Siyang may taglay ng pagkakakilanlan ng Diyos ay tinatanggi sa isipan ng mga anticristo magpakailanman.

Masyadong maraming kontaminasyon sa pananampalataya ng mga anticristo sa Diyos. Sa realidad, hindi tunay na nananampalataya sa Diyos ang mga anticristo; puro

pagkukunwari lang ang lahat ng ito. Nananampalataya sila sa Diyos katulad ng pagsamba ng mga walang pananampalataya sa mga diyablo at idolo. Mahirap para sa kanila na tanggapin ang lahat ng ginagawa ng Diyos, at lagi silang nagkikimkim ng mga pagdududa at katanungan. Itinatago nila ang mga pagdududa at katanungang ito sa puso nila at hindi sila naglalakas-loob na ipahayag ang mga ito, at magaling din silang magpanggap, kaya kahit gaano katagal na silang nananampalataya sa Diyos, nananatili silang ganap na hindi mananampalataya. Sinusukat nila ang Diyos at ang lahat ng Kanyang kilos gamit ang mga pantasya nila, iba't ibang imahinasyon at kuru-kuro tungkol sa Diyos, pati na rin ang ilang tradisyonal na kaalaman ng tao at kuru-kuro ng moralidad. Ginagamit nila ang mga bagay na ito para sukatin ang pagkakakilanlan ng Diyos at kung tunay ba Siyang umiiral o hindi. At ano ang huling resulta? Itinatangi nila ang pag-iral ng Diyos, at hindi inaamin ang pagkakakilanlan at diwa ng nagkatawang-taong Diyos. Hindi ba't mali ang pamantayan ng pagsukat ng mga anticristo kung may taglay na pagkakakilanlan at diwa ng Diyos ang nagkatawang-taong Diyos? Sa madaling salita, labis na iginagalang ng mga anticristo ang kaalaman at mga tanyag, dakilang tao, kaya wala sila kailanmang pagsalungat o anumang pagtutol sa mga bagay na mula sa mga tanyag at dakilang taong ito. Kaya, bakit nila hinahamak si Cristo kapag nakikita nila na isa Siyang normal at karaniwang tao, at nagsisimula silang makaramdam ng pagtutol at pagkamuhi kapag nakikita nilang nagpapahayag si Cristo ng napakaraming katotohanan? Dahil hindi talaga positibo ang labis na iginagalang at kinagigiliwan nila, wala ni isang bahagi nito ang positibo. Ano ba ang gusto ng mga anticristo? Gusto nila ng kakaiba, kabuktutan, mga himala, at mga sobrenatural na bagay, habang pawang kinokondena sa mga mata ng mga anticristo ang pagiging normal at praktikal ng Diyos, ang tunay na pagmamahal ng Diyos sa tao, ang karunungan, katapatan, kabanalan, at katuwiran ng Diyos. Halimbawa, para magkaroon ng pagkilatis at praktikal na matuto ng aral ang mga kapatid, inihanda ng Diyos ang isang sitwasyon. Anong sitwasyon ito? Isinaayos Niya na manirahan kasama nila ang isang taong sinasapian ng demonyo. Sa simula, normal ang paraan ng pagsasalita at paggawa ng taong ito, gayundin ang pangangatwiran niya; hindi siya mukhang may problema. Pero pagkatapos makipag-ugnayan sa kanya sa loob ng ilang panahon, napansin ng mga kapatid na lahat ng sinasabi niya ay walang katuturan at walang tamang estruktura at pagkakasunud-sunod. Kalaunan, may mga nangyaring sobrenatural na bagay: Palagi niyang sinasabi sa mga kapatid na nakakita siya ng kung anong pangitain, at nakatanggap ng kung anong pagbubunyag. Isang araw, halimbawa, ibinunyag sa kanya na kailangan niyang magluto ng mga siopao—kailangan niyang gawin ito—at kinabukasan, nagkataon na kailangan niyang lumabas, kaya dinala niya ang mga siopao. Kalaunan, ibinunyag sa kanya sa isang panaginip na dapat siyang pumunta sa timog; may taong naghihintay sa kanya sa isang lugar na anim na milya ang layo. Pumunta siya, at doon mismo ay may taong naliligaw; pinatotohanan niya sa taong ito ang gawain ng Diyos sa mga huling araw, at tinanggap naman ito ng taong iyon. Palagi siyang nakakatanggap ng pagbubunyag,

palagi siyang nakakarinig ng boses, palaging may mga sobrenatural na bagay na nangyayari sa kanya. Sa bawat araw, pagdating sa kung anong kakainin, saan pupunta, anong gagawin, kanino makikisalamuha, hindi siya sumusunod sa mga batas ng buhay ng normal na pagkatao, ni hindi siya naghahanap ng mga salita ng Diyos bilang batayan o prinsipyo, o naghahanap ng mga tao para mapagbahagin. Palagi siyang umaasa sa mga nararamdaman niya, at naghihintay para sa isang boses, o isang pagbubunyag, o isang panaginip. Normal ba ang taong ito? (Hindi.) Tila may regular na pattern sa tatlong beses niyang pagkain sa isang araw, at sa pang-araw-araw niyang gawain, pero palagi siyang nakakarinig ng mga boses. Kinilatis siya ng ilang tao at sinabi ng mga ito na mga pagpapamalas ito ng pagsapi ng masamang espiritu. Unti-unti siyang nakilatis ng mga kapatid, hanggang isang araw, inatake siya ng sakit sa pag-iisip, nagsimula siyang magsalita ng mga kakaibang bagay, at tumakbo nang hubo't hubad at gulo-gulo ang buhok, parang baliw. Doon natapos ang usapin. Hindi ba't nagkaroon na ngayon ng kabatiran at pagkilatis ang mga kapatid sa mga partikular na pagpapamalas ng gawain ng masamang espiritu at pagsapi ng demonyo? Siyempre, naharap na ng ilan sa kanila ang gayong mga bagay dati, at mayroon na silang pagkilatis sa mga ito, habang hindi pa matagal na nananampalataya sa Diyos ang iba, at hindi pa napagdadaan ang gayong mga bagay, at kaya malamang na maliligaw sila. Pero maligaw man sila o magkaroon ng pagkilatis, kung hindi inihanda ng Diyos ang ganitong kapaligiran, magkakaroon ba sila ng tunay na pagkilatis sa gawain o sa pagsapi ng masamang espiritu? (Hindi.) Kaya, ano ba talaga ang layunin at kahalagahan ng paghahanda ng Diyos ng ganitong kapaligiran at paggawa ng mga bagay na ito? Ito ay para magkaroon sila ng praktikal na pagkilatis at matuto ng aral, at malaman kung paano kilatisin ang mga taong may gawain ng masasamang espiritu o sinasapi ng demonyo. Kung sasabihan lamang ang mga tao kung ano ang gawain ng masamang espiritu—katulad ng isang guro na nagtuturo mula sa isang aklat, at nagsasalita lamang tungkol sa mga teorya mula sa libro, nang hindi pinapagawa ng anumang aktuwal na ehersisyo o pagsasanay ang mga estudyante niya—maunawaan lang ng mga tao ang ilang doktrina at pahayag. Maipapaliwanag mo lang nang malinaw kung ano ang gawain ng masamang espiritu, at kung ano ang mga partikular na pagpapamalas nito, kapag personal mo itong nasaksihan, nakita ng sarili mong mga mata, at narinig ng sarili mong mga tainga. At kapag muli kang nakatagpo ng gayong mga tao, magagawa mo silang kilatisin at tanggiin; magagawa mong tugunan at pangasiwaan nang maayos ang gayong mga bagay. Kaya, hindi ba't mas praktikal ang nakakamit mo sa gayong kapaligiran kaysa sa nakakamit mo mula sa pagdalo sa mga pagtitipon at pakikinig sa mga sermon buong araw? Ang mga taong may normal na pag-iisip at pagkamakatwiran, at naghahangad sa katotohanan ay magkakaroon ng tamang pag-unawa sa mga paraan ng Diyos sa paggawa ng mga bagay na ito. Hindi sila magreklamo, na sinasabing, “Bakit tinutulutan ng Diyos na lumitaw sa iglesia ang masasamang espiritu? Bakit hindi ako binalaan ng Diyos nang maaga? Bakit hindi Niya nililinis ang masasamang espiritu?”

Hindi sila magreklamo tungkol sa mga bagay na ito, sa halip, magpapasalamat sila, pupurihin nila ang Diyos para sa Kanyang napakagaling at matalinong gawain, at sasabihing mahal na mahal ng Diyos ang tao! Gayumpaman, hindi tinatanggap ng mga anticristo ang katotohanan, at kasabay nito, puno ng mga kuru-kuro at imahinasyon tungkol sa Diyos ang puso nila, at talagang sinasamba nila sa kanilang puso ang mga diyablo at idolo, at ikinukumpara at sinusukat ang lahat ng ginagawa ng tunay na Diyos laban sa mga idolo nila. Kaya, kapag nahaharap sila sa gayong mga sitwasyon, una nilang iniisip, “Gawain ba ito ng diyos? Bakit napakahangal ninyo? Bakit tinulutan ng diyos na lumitaw sa iglesia ang masasamang espiritu?” Hindi ba’t maling pagkaunawa ito? Una, itinatanggi nila na gawain ito ng Diyos at iniisip din nila, “Tiyak na hindi ito gagawin ng isang diyos. Ayaw ng mga diyos na magdusa ang mga tao. Kapag nakikita ni Guanyin Bodhisattva na nagdurusa ang mga tao, lumuluha ang mga rebulto niya; gusto niyang iligtas ang lahat ng nilalang mula sa pagdurusa, dalhin ang bawat tao sa pangalan ng Buddha, at iligtas sila mula sa lahat ng pagdurusa sa mundo. Dapat na maging mahabagin ang mga diyos, nagmamalasakit sa kanilang mga hinirang na tao, at hindi tinutulutan na lumitaw ang masasamang espiritu. Tiyak na hindi ito gawa ng diyos.” Kapag nangyari ang gayong mga bagay, sa puso ng mga anticristo, ang mga anticristo ay unang higit na nagdududa sa pagkakakilanlan ng Diyos, at kasabay nito ay ayaw nilang tanggapin ang mga gawa ng Diyos nang isang daan, isang libong beses, at hinuhusgahan at kinokondena pa nila ang mga ito. Pinagtatawanan din nila ang mga kapatid na tumatanggap ng bagay na ito mula sa Diyos, sinasabing, “Naniniwala pa rin kayong mga hangal na gawa ng diyos ang lahat ng bagay. Hindi kikilos nang ganito ang diyos! Dapat protektahan at alagaan ng diyos ang mga tupa niya, at harangan ang mga ito gamit ang kanyang mga kamay. Ang mga diyos ay kanlungan para sa mga tao; hindi dapat magdusa ang mga tao sa lahat ng paghihirap na ito. Hindi dapat mangyari sa mga tao ang lahat ng negatibo at masamang bagay, ganoon gumagawa ang mga diyos.” Ang puso ng mga anticristo ay puno ng mga pagdududa, pagtanggi, kuru-kuro, at pagkondena sa Diyos. Dahil dito, anuman ang gawin ng Diyos, sa mga mata nila, ay mali at hindi dapat ginagawa ng Diyos, at ebidensiya at sandata ito para kondenahin at itanggi nila ang Diyos. Sa ganito, ganap na nabubunyag ang kalikasang diwa ng mga anticristo na lumalaban sa Diyos. Halimbawa, kapag nagtitiis ng pagpapahirap at pang-uusig ng CCP ang mga kapatid, pinapainit ng mga pulis ang mga bakal na pantatak hanggang sa mamula ang mga ito at idinidiin ang mga ito sa kanilang katawan, na nagdudulot ng sobrang sakit kaya nahihimatay sila, at nanlalamig ang dugo ng lahat ng naroroon. Ano ang iniisip ng mga anticristo kapag nakita nila ang ganitong tagpo? “Napakalupit ng mga Satanas at diyablong ito! Wala silang pagkatao, wala silang awa o habag. Napakabrutal ng pamamaraan nila, hindi ko kayang manood! Kung naroroon ako, papalamigin ko ang mga bakal na pantatak, gagawin ko itong koton, at dahan-dahan, may pagmamahal, at malumanay na ididikit ito sa katawan ng mga tao, katulad ng kamay ng isang diyos na hinahaplos ang mga tupa niya, na nagpaparamdam sa mga

tao ng kanyang mahabaging puso, ng kanyang pagmamahal at init, at nagpapalakas pa sa kanilang pananalig at determinasyon na sumunod sa kanya. Ngunit ang mga tao ay tao lamang—wala tayong kapangyarihang gumawa ng anuman habang pinapanood ang ating mga kapatid at kapwa tao na nagdurusa nang husto. At nasaan ang diyos? Bakit hindi pinipigilan ng diyos ang mga kamay ng mga Satanas at diyablo sa sandaling ito? Bakit hindi niya pinapalamig ang mga mainit na bakal na pangtatak? Kapag dumikit ang mga bakal na pangtatak sa mga kapatid, bakit hindi ginagawa ng diyos na hindi nila maramdaman ang sakit? Kung si Guanyin Bodhisattva ito, tiyak na gagawin niya ito; ayaw niyang makitang inaabuso ng mga nilalang ang isa’t isa at na nagpapatayan ang mga ito, ayaw niyang makita ang sinuman sa kanila na nagdurusa ng kahit kaunting pang-aapi o sakit. Isinasaalang-alang niya ang lahat ng nilalang, mas malawak kaysa sa langit ang puso niya, at walang hanggan ang kanyang pagmamahal. Iyan ang tunay na diyos! Bakit hindi ganito kumilos ang diyos? Hindi ako diyos, wala akong ganitong abilidad. Kung isa akong diyos, hindi ko hahayaang magdusa nang ganito ang mga tao ko.” Anuman ang mangyari sa kanila, may sariling pananaw, paninindigan, opinyon, at maging “mga matalinong ideya” ang mga anticristo. Anuman ang mangyari sa kanila, hindi nila ito kailanman iniuugnay sa mga salita ng Diyos, hindi nila kailanman hinahanap ang katotohanan para maunawaan ang Diyos, para magpatotoo sa Diyos, para kumpirmahin ang pagkakakilanlan ng Diyos, para kumpirmahin kung saan at paano naipapahayag ang diwa ng Diyos na nagtataglay ng pagkakakilanlan ng Diyos—hindi nagsasagawa ang mga anticristo sa ganitong paraan. Sa halip, sa bawat pagkakataon ay sinusukat at nakikipagtagisan sila sa Diyos gamit ang mga perspektiba ni Satanas, ng iba’t ibang masamang espiritu, o nina Guanyin Bodhisattva at Buddha. Ano ang huling resulta nito? Itinatanggi ng mga anticristo ang Diyos sa bawat pagkakataon, itinatanggi ang Kanyang mga kilos at diwa, ang kahulugan at halaga ng lahat ng Kanyang ginagawa, at kung paano ito nagpapatibay sa mga tao. Itinatanggi nila ang epektong nais makamit ng Diyos sa mga tao sa pamamagitan ng paggawa sa ganitong paraan, at ang pag-iral ng mga layunin ng Diyos. Sa pamamagitan ng pagtanggi sa importansiya at kahalagahan ng lahat ng ginagawa ng Diyos, hindi ba’t itinatanggi ng mga anticristo ang pagkakakilanlan ng Diyos? (Oo, ganoon nga.) Ang mga pagpapamalas at diwa ng mga anticristo, ang mga iniisip na kanilang ibinubunyag, at ang galit, mga hinihingi, kawalan ng kasiyahan, at mga katanungang mayroon sila tungkol sa Diyos kapag may mga nangyayari sa kanila, at iba pa, ay pawang kongkretong pagpapamalas ng hindi pagkilala ng mga anticristo sa pagkakakilanlan ng Diyos. Ito ang mga katunayan.

Anong diwa ng mga anticristo ang napansin mo sa pamamagitan ng pagbabahaginan at paghihimay na ginawa natin tungkol sa mga pagpapamalas at pinagmumulan ng pagtanggi ng mga anticristo sa pagkakakilanlan ng Diyos? Napapansin mo ba na mga siniko ang mga anticristo sa mundong ito at mahal nila ang katarungan at katuwiran? Ang mga anticristo ba ay mga taong may mabait na pagkatao, habag, awa, dakilang pagmamahal, at pagkamuhi sa kabuktutan? (Hindi.) Kung gayon, anong uri ng mga tao

ang mga anticristo? (Masasamang tao sila na napopoot at tutol sa katotohanan, na laging kumakalaban sa Diyos sa bawat pagkakataon.) Isang aspekto iyan. Ano pa? Hindi ba't sumasang-ayon ang mga anticristo sa kasabihang, "Ang mga gumagawa ng mga tulay at nagkukumpuni ng mga daan ay nagiging bulag, samantalang ang mga anak ng mga mamamatay-tao at arsonista ay dumarami"? Hindi ba't nangangahulugan ito na nagluluksa sila sa kalagayan ng mundo at naaawa sa sangkatauhan? Ano ang kalikasan ng pagsang-ayon nila sa kasabihang ito? Hindi ba't nakapaloob sa kasabihang ito ang isang reklamo tungkol sa kawalan ng katarungan sa Langit? Bagama't wala silang magawa tungkol dito, nagkikimkim ang mga anticristo ng gayong sama ng loob at mga damdamin at nagrereklamo sila na hindi makatarungan ang Langit: "Hindi ba't sinasabi na makatarungan ang langit at na may mga mata ang langit? Kung gayon, bakit hindi umaani ng mga gantimpala ang mga gumagawa ng mabuti sa mundong ito, samantalang yumayaman ang masasamang tao? Nasaan ang katarungan sa mundong ito? Paano nagkakaroon ng mga bagay na hindi makatarungan sa mundong ito? Dahil bulag at hindi makatarungan ang langit!" Ang ipinapahiwatig na kahulugan dito ay na walang katarungan sa Diyos, at tanging sina Buddha at Guanyin ang makatarungan. Kaya naman, puno ng sama ng loob, reklamo, pagtanggì, at pagkondena sa mga bagay na ginagawa ng tunay na Diyos ang puso ng mga anticristo. Ano ang sanhi ng lahat ng ito? Ano ang dahilan nito? Dulot ito ng diwa ng mga anticristo. Anong diwa ito? Sa mas detalyadong pananalita, puno ng mga kuru-kuro at imahinasyon tungkol sa kahulugan ng isang diyos ang puso ng mga anticristo; hindi nila alam o nauunawaan kung paano eksaktong kumikilos at nagliligtas ng mga tao ang tunay na Diyos. Nakabatay sa sarili nilang mga kuru-kuro at imahinasyon ang kanilang ebalwasyon sa lahat ng ginagawa ng Diyos. At saan nakabatay ang mga ito? Ganap na nakabatay ang mga ito sa iba't ibang maling paniniwala at panlilinlang na itinanim sa sangkatauhan ni Satanas at ng mga diyablong hari. Kahit gaano kabuktot o kahit may kinikilingan ang mga maling paniniwala at panlilinlang na ito, umaayon ang mga ito sa mga kuru-kuro, sikolohikal na pangangailangan, at emosyonal na pangangailangan, at ang mismong mga bagay na ito ang nagiging pamantayan ng mga anticristo sa kanilang pag-asal at pagsukat sa lahat ng bagay, pati na ang pamantayan nila sa pagsukat sa Diyos; mali ang pinakaugat ng mga anticristo. Ang isa pang mas mahalagang dahilan ay mahilig sa kapangyarihan at mararangyang bagay ang mga anticristo. Halimbawa, ipagpalagay na ipinanganak sa isang palasyo ang isang tao, at nakakatamasa ng napakaespesyal na pagtrato araw-araw, kumakain ng pinakamasasarap na pagkain at nagsusuot ng pinakamagagandang damit, hindi nila kailangang gumawa ng anuman, at nakukuha nila ang anumang gusto nila. Hinahangad ba ng mga taong nananampalataya sa Diyos ang ganitong uri ng buhay? Makakaramdam ng kaunting inggit o selos ang isang normal na tao, pero iisipin niya pagkatapos, "Inorden ng Diyos ang lahat ng ito. Saanman tayo ilagay ng Diyos, doon tayo maninirahan. Hindi matitiyak na angkop sa atin ang ganoong buhay. Makakaya bang manampalataya sa Diyos ng isang tao sa gayong kapaligiran? Mauunawaan ba niya ang

katotohanan at maliligtas ba siya? Magiging mahirap iyon. Sapat na ang ibinigay sa atin ng Diyos; basta kaya nating manampalataya sa Diyos at nasa tamang kondisyon tayo para basahin ang mga salita ng Diyos, gawin ang tungkulin natin, at makamit ang kaligtasan sa huli, iyon ang pinakamasayang bagay.” Pero ganito ba mag-isip ang mga anticristo? (Hindi.) Lisipin nila, “Bakit hindi emperador ang tatay ko? Kung isang mayamang tao o isang emperador ang tatay ko, talagang magiging makabuluhan ang buhay ko. Bakit isang emperador ang tatay niya? Bakit siya namumuhay nang walang alalahanin, hindi nag-aalala sa pagkain o damit, nakukuha niya ang anumang gusto, lagi siyang may pera at kapangyarihan sa mga kamay niya? Hindi makatarungan ang langit! Hindi naman siya ganoon kagaling, at wala siyang talento, edukasyon, o talino. Sa anong batayan niya nakuha ang lahat ng bagay na ito? Bakit hindi ko makuha ang mga ito? Kung hindi ko makuha ang mga bagay na iyon, at nakukuha iyon ng iba, kamumuhian ko sila! At kung hindi ko sila kayang kamuhian, kamumuhian ko ang langit dahil sa pagiging hindi makatarungan nito at pagsasaayos ng masamang kapalaran para sa akin, at kamumuhian ko ang kamalasan ko, kamumuhian ko ang taong ubod ng sama na humaharang sa aking daan, at kamumuhian ko ang masamang feng shui ng bahay ko!” Ano ang tumatakbo sa isipan nila? Kapag sumiklab ang pagkamuhi sa puso ng mga anticristo, maaaring lumabas sa bibig nila ang lahat ng uri ng mapanlinlang na argumento.

Sa panlabas, tila napakabuti ng mga anticristo, ngunit sa katunayan, walang positibo sa mga bagay na sinasamba at hinahangad nila. Dahil sa mga salawikain at kasabihang ipinapangaral nila, maaaring mukha silang nagluluksa sa kalagayan ng mundo at naaawa sa sangkatauhan, at parang nagkikimkim sila ng kabutihang loob sa kanilang puso, pero sa katunayan, ganap na mga diyablo at Satanas sila. Kung magkakaroon sila ng kapangyarihan at aangat sa mundong ito, kaya ba nilang gumawa ng kasamaan? Kaya ba nilang maging mabuting tao? Mga buhong sila na puno ng mga kasuklam-suklam na kasalanan. Dahil hindi sila makapagkamit ng kapangyarihan at hindi sila masyadong umaasenso sa mundo, nadarama nila na medyo naagrabyado sila at pagkatapos ay nananampalataya at sumusunod sila sa Diyos. Gayumpaman, sa diwa, hindi talaga nila gustong hangarin ang katotohanan, at lalong hindi nila mahal ang mga positibong bagay; sa halip, tutol sila sa mga positibong bagay at mahal nila ang masasamang puwersa, kapangyarihan, marangyang pamumuhay, at ang masasamang kalakaran ng mundo. Samakatwid, hinahamak nila ang lahat ng ipinapahayag at ginagawa ng Diyos na nagtataglay ng pagkakakilanlan at diwa ng Diyos, at kinokondena, hinuhusgahan, at sinisiraan nila ang mga ito. Gaano man kahalaga o kamakabuluhan ang gawain ng Diyos para sa mga tao, hindi nila ito kinikilala o tinatanggap. Hindi lang nila hindi tinatanggap ang pagkakakilanlan at diwa ng Diyos, kundi nais din nilang magpanggap bilang isang diyos, magpanggap na isang tagapagligtas na kayang iligtas ang lahat ng nilalang mula sa pagdurusa, na makasisiguro na hindi mabubulag ang mga nagtatayo ng mga tulay at nag-aayos ng mga kalsada, na mapaparusahan at hindi magkakaroon ng mga anak na magpaparami ang mga mamamatay-tao at arsonista, at

na ang mga tao sa laylayan ng lipunan at nagtitiis ng pagdurusa ay hindi na magdurusa at magkakaroon sila ng lugar para maipahayag ang kanilang mga hinaing. Gusto nilang alisin ang lahat ng sakit sa mundo at iligtas ang mga tao mula sa kapighatian. Talagang nagkikimkim ng “unibersal na pagmamahal” at isang walang-katapusang “dakilang pagmamahal” ang mga anticristo sa kaibuturan ng kanilang puso! Matapos isaalang-alang ang lahat ng ito, ano nga ba talaga ang dahilan sa likod ng pagtangga ng mga anticristo sa pagkakakilanlan at diwa ng Diyos? Sinasabi nila: “Anuman ang ginagawa ng diyos, hindi siya tulad ng isang diyos. Ako ang pinakakatulad ng isang diyos; ako ang pinakakalipikadong maging diyos. Ito ay dahil ang ginagawa ng diyos ay hindi angkop sa aking mga panlasa o ayon sa mga panlasa at pangangailangan ng masa; ako lang ang nakakaintindi sa mga pangangailangan at isipan ng masa, ako lang ang makakapagligtas sa lahat ng nilalang mula sa pagdurusa, at ako lang ang puwedeng maging tagapagligtas ng sangkatauhan.” Nailantad na ang kanilang mga ambisyon at diwa, hindi ba? Ano nga ba ang tunay na anyo ng mga anticristo na may gayong mga ambisyon at diwa? Ito ay ang arkanghel, ang diyablong si Satanas. Itinatangi nila ang pagkakakilanlan ng Diyos at hindi sila naniniwala sa pag-iral ng Diyos dahil nais nilang maging diyos mismo. Naniniwala sila na ang mga iniisip nila ay kung ano ang dapat iniisip ng isang diyos, at na ang kanilang mga pagpapamalas, disposisyon, at diwa ng dakilang pagmamahal ang dapat taglayin ng isang diyos. Iniisip nila na tanging ang isang tao na may mentalidad ng pagluluksa sa kalagayan ng mundo at pagkaawa sa sangkatauhan kapag nakikita ang lahat ng kawalang-katarungan sa mundo ang isang diyos. Iniisip nila na wala ang mga katangiang ito sa Diyos na pinananampalatayaan nila, na tanging sila lang ang may ganitong isipan at ganito kalaking puso, nagtataglay ng ganitong uri ng kabutihan at dakilang pagmamahal. Ito ang diwa ng mga anticristo, ang iba’t ibang pagpapamalas at diwa ng kanilang pagtangga na aminin ang pagkakakilanlan ng Diyos. Samakatwid, kung iginagalang mo ang mga anticristo bilang mga diyos at sinasamba mo sila, hindi sasama ang loob nila sa iyo. Kung susundan mo sila, sinasabing ang kanilang pagkakakilanlan at diwa ay tulad ng sa mga diyos, na ang kanilang isipan at dakilang pagmamahal ay katulad kay Buddha, at na mga diyos sila, magagalak sila at lubos na masisiyahan sa iyo. Ito ang diwa ng mga anticristo. Hindi ba’t buktot ang diwang ito na ipinapakita ng mga anticristo? Gaano mo man itaas ang pangalan ng Diyos at ang Kanyang mga kahanga-hangang gawa, at gaano ka man magpatotoo sa lahat ng ginawa ng Diyos at sa mga halagang ibinayad Niya para sa kaligtasan ng tao, magiging mapanlaban sila sa kanilang puso, sinasabing, “Hindi ko ito kayang purihin. Hindi ko ito nakikita sa ganoong paraan; pawang pangangarap nang gising at imahinasyon lamang ng tao iyon.” Kapag nagpatotoo ka sa Diyos, sa Kanyang karunungan, sa Kanyang pagkamakapangyarihan-sa-lahat, sa Kanyang masidhing layuning iligtas ang sangkatauhan, at sa mga halagang Kanyang ibinayad, at nagpatotoo ka sa Kanyang diwa, sa Kanyang pagkakakilanlan, at sa lahat ng ginawa ng Lumikha para sa sangkatauhan, isang uri lamang ng tao ang nababalisa, at iyon ay ang mga anticristo. At ano ang iniisip nila? “Bakit palagi mong tinatalakay ang

tungkol sa diyos? Diniligan at sinuportahan din kita nang husto. Minahal kita, tinulungan kita, binilhan kita ng gamot noong may sakit ka, at sinuportahan kita, nagbahagi ako sa iyo, at sinamahan kita noong inabandona ka ng iba. Bakit hindi mo ako pinupuri?” Sa sandaling may magpatotoo o magpuri sa Diyos, sumasama ang loob ng mga anticristo at kinamumuhian nila ang nagpatotoo dahil sa inggit. Ano ang nararamdaman ng mga normal na mananampalataya sa Diyos kapag naririnig nilang pinupuri ng isang tao ang Diyos? Una, tutugon sila ng “Amen” sa sinabi ng taong iyon at sa patotoong batay sa karanasan na ibinahagi ng taong iyon. Dagdag pa rito, makikinig sila nang mabuti, iniisip nila, “Ganoon kumilos ang Diyos sa kanila—napakabuti ng Diyos, tunay na mahal Niya ang tao! Hahanapin ko rin ang katotohanan kung sakaling makaranas ako ng katulad na sitwasyon sa hinaharap. Nasaktan nila ang Diyos dahil sa pagkilos sa ganoong paraan; kumilos din ako nang ganoon noon, hindi ko lang iyon namalayan. May pagkakautang ako sa Diyos! Kapaki-pakinabang sa mga tao ang pagkilos ng Diyos sa ganitong paraan, at hindi ko ito natanto. Mukhang mas maliit ang tayog ko kaysa sa tayog ng taong ito, hindi dalisay ang pag-unawa ko, at mahina ang kakayahan ko. Ipinagdarasal ko na bigyang-liwanag at gabayan ako ng Diyos, na isang taong maliit ang tayog. Paano sila hindi nanghina sa pagharap sa mga pagsubok? May gabay sila ng mga salita ng Diyos. Kung ako ang nahaharap sa gayong mga kalagayan, manghihina ako at baka madapa pa ako. Ipinakita ng Diyos ang Kanyang kabutihan sa akin sa pamamagitan ng pagpansin sa maliit kong tayog at hindi Niya pa ako hinayaang harapin ang ganoong uri ng sitwasyon. Mabuti ang lahat ng ginagawa ng Diyos!” Pero hindi natutuwa ang mga anticristo kapag naririnig nila ito: “Ano? Mabuti ang lahat ng ginagawa ng diyos? Nasaan ang kabutihang ito? Kung mabuti ang lahat ng ginagawa ng diyos, bakit negatibo at mahina ang mga tao? Kung mabuti ang lahat ng ginagawa ng diyos, bakit may mga taong pinapatsik? Kung mabuti ang lahat ng ginagawa ng diyos, bakit laging may mga pagkagambala at kaguluhan habang ipinapangaral ang ebanghelyo at habang ginagawa ang mga tungkulin? Nakagawa ako ng napakaraming mabuting gawa; ginugol ko ang sarili ko, naghandog ako, at nagkamit ako ng mga tao sa pamamagitan ng pangangaral ng ebanghelyo. Bakit walang pumupuri sa akin? Bakit walang ibinibigay ang diyos sa akin na anumang kapalit, anumang gantimpala? Kung nahihiya ang mga tao na purihin ako nang harap-harapan, ayos lang kung gagawin nila ito sa likod ko. Bakit walang pumupuri o humahanga sa akin? Wala ba akong anumang kabutihan?” Sumasama ang loob nila. Kung may pumuri sa isang karaniwang tao, walang masyadong mararamdaman ang mga anticristo. Ngunit sa sandaling may magpatotoo sa dakilang kapangyarihan, dakilang pagmamahal, at karunungan ng Diyos, o sa pagkakakilanlan ng Diyos, nakakadama ng pagkamuhi at inggit ang mga anticristo. Tuwing may handang magpasakop sa Diyos, maging isang wastong nilikha at maging isang taong hindi lumalampas sa mga hangganan niya at nagpapasakop sa ilalim ng kapamahalaan ng Lumikha, hindi ito nagugustuhan ng mga anticristo, sinasabi nila, “Bakit handang-handa at aktibong-aktibo kang nagpapasakop sa diyos? Bakit napakahirap para sa inyo na pakinggan ang sinasabi ko? Hindi naman

mali ang sinasabi ko!” Gusto nilang maging mga tagasunod nila ang mga tao, na pinupuri sila ng mga tagasunod na ito sa bawat pagkakataon, binabanggit ang pangalan nila, na may puwang sila sa puso ng mga tagasunod, napapanaginipan pa nga ang kanilang mga kabutihan at kalakasan, at pinupuri sila sa lahat ng makakasalubong nila. Kung magkakasakit sila at hindi magpapakita, sasabihin ng mga tao, “Ano ang gagawin namin kung wala ka? Kung wala ka, magkakawatak-watak kami; hindi kami makakapagpatuloy sa pananampalataya o sa pamumuhay!” Kung maririnig ito ng mga anticristo, labis silang matutuwa, at para marinig ito ay handa silang magtiis ng anumang pagdurusa o magtiis nang ilang araw na hindi kumakain o natutulog. Pero kung walang pumupuri, gumagawang huwaran, sumasamba, o sumiseryoso sa kanila, sumasama ang loob nila at nagkikimkim sila ng pagkamuhi sa kanilang puso—ito ang isang tipikal na anticristo. Sa madaling salita, hindi kailanman aaminin ng mga anticristo ang pagkakakilanlan ng Diyos. Hindi nila tinatanggap ang pagkakakilanlan at diwa ng Diyos, lalo na ang gawaing ginawa sa kanila ng Siyang nagtataglay ng pagkakakilanlan at diwa ng Diyos, hindi rin nila inaamin o tinatanggap ang lahat ng gawaing ginawa ng Diyos sa sangkatauhan.

B. Pagtanging Aminin ang Kataas-taasang Kapangyarihan ng Diyos sa Lahat ng Bagay

Susunod, magbahaginan tayo tungkol sa ikalawang pagpapamalas ng “Hindi sila naniniwala na mayroong Diyos, at itinatangi nila ang diwa ni Cristo”: ang pagtangi ng mga anticristo na aminin ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay. Para sa mga anticristo, sadyang hindi umiiral ang Lumikha na nagtataglay ng pagkakakilanlan ng Diyos—isa lang Siyang alamat. Kung gayon, puwede bang aminin ng mga anticristo ang katunayan na ang Lumikha ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay? Hindi na kailangang sabihin na hindi nila kinikilala ang katunayang ito. Hindi nila ito kinikilala, at nakabatay rin ito sa mga katunayan. Ang pananampalataya, kaalaman, at pagkaarok ng mga anticristo tungkol sa Diyos ay batay sa mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao, sa ilang pananaw at pagkaunawa ng tao sa mga idolo, at sa mga maling paniniwala at panlilinlang na ginagamit ng mga idolong iyon upang iligaw ang mga tao. Naaayon ba o taliwas sa katunayan na ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay ang mga kuru-kuro, imahinasyon, maling paniniwala, panlilinlang, at iba pang bagay sa puso ng mga anticristo? Siyempre, taliwas ang mga ito sa katunayang ito. Nililigaw ang mga tao ng mga idolong pinag-aalayan nila sa pamamagitan ng paglalatatag ng ilang maling paniniwala at panlilinlang na naaayon sa mga kuru-kuro, imahinasyon, at panlasa ng tao, para makakuha ng matatag na puwesto sa sangkatauhan, tulad ng “Ang Buddha ay mabait,” “Pinahahalagahan ng langit ang mga buhay na nilalang,” “Ang pagliligtas ng isang buhay ay higit pa sa pagbuo ng isang pitong-palapag na pagoda,” at “Ang nakatadhana ay mangyayari, at ang hindi nakatadhana ay hindi dapat ipilit.” Ano pa? (May diyos sa tatlong talampakan sa itaas mo.) Nasaan ang tatlong talampakan sa itaas mo? Nasa hangin iyan, kung saan naninirahan

si Satanas. Ano ang “diyos” na ito? (Si Satanas.) At ano ang kasabihang madalas gamitin ng mga Budista? (Ang kabutihan ay sinusuklian ng kabutihan, at ang kasamaan ng kasamaan; masusuklian ang mga bagay na ito, hindi pa lang dumarating ang panahon.) Itinuturing ng mga tao bilang ang katotohanan ang mga positibong kasabihan at pilosopikal na teoryang ito na madalas sinasabi sa mundo, pero sa katunayan, ang mga salitang ito ba ang katotohanan? Mayroon bang anumang kaugnayan sa pagitan ng mga ito at ng katotohanan? (Wala.) Tulad ng “Ang kabutihan ay sinusuklian ng kabutihan, at ang kasamaan ng kasamaan; masusuklian ang mga bagay na ito, hindi pa lang dumarating ang panahon”—ano ang ibig sabihin ng “ang kabutihan ay sinusuklian ng kabutihan”? Ano ang tinutukoy na “mabuti”? Ito ba ay katarungan, katotohanan, o kaunting kabutihan ng tao? (Ito ay kabutihan ng tao.) Talaga bang sinusuklian ng mabuti ang kaunting kabutihan ng tao? Hindi ito tiyak. “Ang mga gumagawa ng mga tulay at nagkukumpuni ng mga daan ay nagiging bulag”—mga gawa ng kabutihan ang paggawa ng mga tulay at pagkukumpuni ng daan, kaya bakit sila nabubulag? Mayroon bang gantimpala para sa mga gawang ito? (Wala.) “Kasamaan ng kasamaan”—masama ang pagpatay at pagsunog, kaya sinusuklian ba ito ng masama? (Hindi.) Bakit hindi? “Samantalang ang mga anak ng mga mamamatay-tao at arsonista ay dumarami”—pinabubulaanan ng mga salitang ito ang “kasamaan ng kasamaan.” “Masusuklian ang mga bagay na ito, hindi pa lang dumarating ang panahon”—ano ang ibig sabihin ng “hindi pa lang dumarating ang panahon”? Ano ang ibig sabihin ng pagdating nito? Kapag hindi nauunawaan ng mga tao ang katotohanan, itinuturing nila ang mga salita at kasabihang ito bilang mga positibong bagay at katotohanan. Tinatanggap ng mga tao na may hungkag na puso at walang pinagkukunan ng espirituwal na panustos ang mga diumano’y tamang salitang ito bilang espirituwal na panustos nila, bilang isang uri ng espirituwal na aliw, upang aluin ang sarili nila, “Ayos lang, may pag-asa pa sa buhay, may katarungan at katuwiran pa rin sa mundong ito, at may isang tao pa ring magtataguyod ng katarungan. Posible pa ring makakuha ng makatarungang resulta, at sa huli ay magkakaroon ng pahayag ng resolusyon sa lahat ng ito.” Tunay na pagkaunawa ba sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay ang mga kasabihang iyon? Tunay na pagpapamalas ba ang mga ito ng pagkilala ng mga tao sa katunayang may kataas-taasang kapangyarihan ang Diyos sa lahat ng bagay? (Hindi.) May kaugnayan ba ang mga kasabihan o salawikaing sinasabi ng mga tao sa katunayang may kataas-taasang kapangyarihan ang Diyos sa lahat ng bagay? (Wala.) Bakit wala? (Ang mga salitang ito ay hindi ang katotohanan.) Pinatutunayan ito ng sagot mo sa teoretikal na antas, ngunit ano ang ugat na sanhi? Ang ugat na sanhi ay malayo sa pagiging kasingsimple ng doktrinang ito, malayong maipaliwanag ito sa isang pangungusap lamang na ito. Dahil hindi ganoon kasimple ang usapin ng pagiging may kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay, paano ito dapat maunawaan? Tulad ng ating pinagbahaginan dati, hindi inaamin ng mga anticristo na may kataas-taasang kapangyarihan ang Diyos sa lahat ng bagay. Anuman ang tinitingnan ng mga anticristo,

palagi nila itong sinisiyasat at sinusuri mula sa perspektiba ng isang tagamasid, at ng isang materyalista na itinuturing ang pera at kapangyarihan bilang buhay. Kung titingin ang isang tao sa anumang bagay mula sa gayong perspektiba at pananaw, hindi ba't magbabago ang diwa ng usapin? Hindi ba't mag-iiba ito? Ano ang magiging huling resulta kung titingnan ng isang tao ang mga batas at tuntunin ng pag-unlad ng lahat ng bagay mula sa perspektiba ng isang materyalista? Hindi ba't ang pananaw ng isang materyalista sa mundo ay magbubunga ng mga pilosopiya, estratehiya, pamamaraan, at pagharap ng tao para sa mga makamundong pakikitungo? Hindi ba't magbubunga ito ng mga patakaran sa laro? (Oo.) Ito ang resulta, at naririto ang diwa ng usapin.

Paano tinitingnan ng isang materyalista ang kapangyarihan? Naniniwala siya na kung gusto ng isang tao na magkamit ng kapangyarihan, una, kailangan niyang magkaroon ng mga estratehiya; ikalawa, kailangan niyang manipula ang iba't ibang uri ng tao; ikatlo, kailangan niyang maging malupit; at ikaapat, kailangang magawa niyang magbago. Hindi ba't ito ang pananaw ng isang materyalista? Mayroon ba ritong bakas ng pagpapasakop sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos? (Wala.) Paano nabuo ng mga materyalista ang mga pananaw na ito tungkol sa kapangyarihan? Hindi ba't bunga ng diwa ng mga anticristo ang mga pananaw na ito? (Oo.) Anong diwa ng mga anticristo? Sabihin mo sa Akin, kung walang buktot na diwa ang mga anticristo, maiisip ba nila ang mga salitang "kayang manipulahin ang mga tao"? Iisipin ba nila na "kailangan nilang magkaroon ng mga estratehiya"? Sasabihin ba nila na "kailangan nilang magawang magbago"? Kung wala silang malupit na diwa, sasabihin ba nila na "kailangan nilang maging malupit"? (Hindi.) Tinutukoy ito ng diwa ng mga anticristo. Mga ideya lamang ba na umiiral sa isipan nila ang iba't ibang kaisipang nilikha ng kanilang diwa, o magkapareho ba ang mga prinsipyo nila sa mga makamundong pakikitungo at ang sariling asal nila sa pang-araw-araw na buhay? (Pareho ang mga prinsipyo nila sa mga makamundong pakikitungo.) Palagi silang nagbubuod sa kanilang pang-araw-araw na buhay at sa mga grupo, kaya nagiging mas maunlad at bihasa ang mga estratehiya nila, at sa huli ay nagiging makadiyablo. Ano ang ibig sabihin ng makadiyablo? Ibig sabihin nito ay sapat na silang malupit, walang awa, at tuso. Ang pagpapamalas nila ng kalupitan, kawalan ng awa, at katusuhan ay makapagpapasakop ba sa kanila sa kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos? Tiyak na hindi. Samakatwid, bata man sila o matanda, ginagawa ng mga anticristo ang lahat ng bagay batay sa sarili nilang mga pilosopiya, batas, patakaran sa laro, estratehiya, at karanasan. Naaayon ba o salungat ang lahat ng ito sa katunayang may kataas-taasang kapangyarihan ang Diyos sa lahat ng bagay? (Salungat.) Kapag ipinapatupad ng mga anticristo ang lahat ng batas na nilikha nila sa pamamagitan ng kanilang mga pagbubuod, ano ang kanilang prinsipyo at pakay? Ano ang motibasyon nila? Sinasabi nila, "Kung gusto mong makuha ang gusto mo, kailangan mong matutong gawin ang lahat ng kailangang gawin, at gawin ang lahat, maging sapat na malupit, walang awa, at tuso, tulad ng kasabihan, 'Gaya ng hindi maginoo ang lalaking may makitid na pag-iisip; dapat maging malupit ang isang tunay na lalaki.'" Ano

ang ibig sabihin nito? Ibig sabihin nito: “Anong kataas-taasang kapangyarihan ng diyos? Anong paghihintay sa mga pagsasaayos ng langit? Walang gayong mga bagay! Sinong opisyal o hari ang nakarating sa kinalalagyan niya nang hindi gumamit ng mabagsik at brutal na pamamaraan? Hindi ba’t nakakamit ang mga posisyong ito sa pamamagitan ng pakikipaglaban at pagpapatayan?” Sa pagtingin sa pananaw nilang ito, inaamin ba ng mga anticristo ang katunayang may kataas-taasang kapangyarihan ang Diyos sa lahat ng bagay? (Hindi.) Sa mundong walang pananampalataya, may ganitong perspektiba ang mga anticristo sa batas ng pananatiling buhay. Kaya, habang nasa iglesia sila, gagamitin ba nila ang parehong mga estratehiya kapag kumikilos sila? Susundin ba nila ang parehong mga alituntunin sa buhay? Hindi ito magbabago kahit kaunti. Kahit kapag pumupunta ang mga anticristo sa iglesia, hindi nila kailanman pinipigilan ang sarili nila o binabago ang kanilang sarili, tiyak na hindi nila ito ginagawa. Sinasabi nila, “Kung gusto mong mangibabaw sa iba, kailangan mong matutong magkaroon ng mga estratehiya. Kapag nasa paligid ang lahat, lalo na kapag naroroon ang mga taong may katayuan, kailangan mong gawin ang iyong makakaya para makapagpakitang-gilas, at hayaang makita ito ng mga namumuno, ng mga lider, at ng mga nasa itaas. Pagkatapos ay magkakaroon ka ng pagkakataong maitaas ang ranggo mo at mailagay sa mahahalagang posisyon, at magkaroon ng pagkakataong mangibabaw sa iba. Dagdag pa rito, kailangan mong matutong mag-iba ng ugali kapag may mga tao sa paligid mo kumpara sa kapag walang tao sa paligid, kailangan mong matutong manlinlang. Gawin ang mabubuting bagay sa harap ng mga tao, at gawin nang lihim ang mga kakila-kilabot, masama, madilim na bagay, at mga bagay na hindi gusto ng mga tao. Huwag hayaang may makakilatis sa iyo. Kailangan mong ipakita sa mga tao ang pinakamagandang ugali mo, at kailangan mong magbalatkayo nang maigi. Gaano ka man talaga kasama, kailangan mo itong itago nang mabuti. Huwag mong hayaang mawala ang suporta ng mga tao. Kapag nawala ang suporta nila sa iyo, huli na—wala ka nang pagkakataon.” Ang mga anticristo ay namumuhay rin ayon sa gayong mga estratehiya at batas ng pananatiling buhay sa iglesia.

Paano tinitingnan ng mga anticristo ang mga patotoo ng lahat ng kapatid na naranasan at nakilala ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay? Sinasabi ng mga anticristo, “Ang mga tao ay may utak, kaisipan, at edukasyon, at sa pamamagitan ng pag-edit at pagbuo, nagawa nila ang mga patotoong ito na batay sa karanasan. Sa katunayan, ang mga patotoong batay sa karanasan na ito ay pawang likha lamang ng mga tao, peke ang lahat ng ito, at imposible ang lahat ng ito. Kaya ko ring gumawa ng mga patotoong batay sa karanasan, kung mag-iimbento ako. Kaya kong gumawa ng 10 o 20 artikulo ng patotoong batay sa karanasan. Ayaw ko lang gawin iyon. Akala mo ba ay hindi ko nakikilatis ang mga munti mong pakana? Hindi ba’t ginagawa mo lang ito para magpakitang-gilas? Tinatawag ninyo ito sa magandang pangalan ng pagpapatotoo sa diyos, pagpapatotoo sa pangalan ng diyos, at pagpapatotoo sa kataas-taasang kapangyarihan ng diyos sa lahat ng bagay, at sinasabi mong nagpapatotoo ka

sa diyos, pero sa katunayan, ginagawa ninyo ito upang magpatotoo lamang para sa sarili ninyo at mangibabaw kayo sa iba.” Hindi nila kinikilala ang pagiging totoo ng lahat ng patotoo tungkol sa gawaing ginawa ng Diyos sa mga tao. Pagdating sa iba’t ibang kapaligiran at sitwasyon sa mundo sa labas, at sa mga kondisyon ng bawat bansa, hindi makilatis ng mga anticristo kung paano gumagawa ang Diyos, at pagdating sa pagpapanatili, pagbabago, o paghahanda ng Diyos sa mga kapaligiran sa mundo sa labas, hindi nila makilatis kung ano ang kahulugan ng paggawa Niya ng lahat ng ito. Naniniwala sila na ang “May kataas-taasang kapangyarihan ang diyos sa lahat ng bagay’ ay isa lamang walang kabuluhan at matayog pakinggan na pahayag. Sa realidad, kahit saang bansa ka pumunta, kailangan mong sumunod sa gobyerno ng bansang iyon, tama ba? Nasasailalim ka sa mga limitasyon ng gobyerno at mga batas ng bansang iyon, hindi ba? Hindi ba’t ibig sabihin nito na hindi nangyari ang pahayag na may kataas-taasang kapangyarihan ang diyos sa lahat ng bagay? Paano man niya isinasakatuparan ang kanyang kataas-taasang kapangyarihan, malalampasan ba nito ang gobyerno at mga batas ng anumang bansa?” Kaya, sa sandaling hindi pabor sa iglesia at sa gawain ng iglesia ang kapaligiran at sitwasyon sa mundo sa labas, lihim na natutuwa ang mga anticristo at pinagtatawanan ito, ibinubunyag ang kanilang malademonyong mukha. Kapag maayos ang gawain ng iglesia, at pinagpapala at pinangungunahan ito ng Diyos, at nasa tamang direksyon ang lahat ng bagay, kapag walang panghihimasok mula sa kapaligiran sa mundo sa labas, at pabuti nang pabuti ang kalagayan ng mga kapatid, hindi mapalagay at hindi makapagtimpi ang puso ng mga anticristo, labis silang naiinggit, at hindi sila komportable at punong-puno sila ng galit. Bakit punong-puno sila ng galit? Hindi sila naniniwala na puwedeng may kataas-taasang kapangyarihan ang Diyos sa lahat ng ito. Ang iglesia ay sambahayan ng Diyos, ito ang lugar kung saan ginagawa ng Diyos ang Kanyang gawain ng pamamahala, kung saan inililigtas ng Diyos ang sangkatauhan, kung saan hindi nahahadlangan ang kalooban ng Diyos, at kung saan puwedeng maisakatuparan at makumpirma ang mga salita ng Diyos sa mga tao. Kapag maayos ang iglesia, ipinapakita nito ang realidad ng awtoridad ng Diyos, gayundin ang pagkumpirma na umiiral at totoo ang katunayan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay. Kapag umiiral at napatunayan ang katunayang ito, sampal ito sa mukha ng mga anticristo. Matapos masampal sa mukha, nakakaramdam ba ang mga anticristo ng kagalakan, kapayapaan, at kaginhawahan sa puso nila, o nakakaramdam ba sila ng pagtutol at galit? (Nakakaramdam sila ng pagtutol at galit.) Ano ang iniisip nila sa kanilang puso? Namumuhi sila sa Diyos at itinatangi nila ang Diyos. Kung sa panlabas ay tila hindi gaanong maganda ang kalagayan ng iglesia at ng mga kapatid, na inuusig, inaapi, at ibinubukod ang mga taong ito, at wala silang anumang katayuan sa lipunan, labis na natutuwa ang mga anticristo at masaya ang kanilang puso, pero kapag pawang bumubuti at patuloy na umuunlad ang gawain ng Diyos at ang buhay iglesia, hindi natutuwa ang mga anticristo. Bakit hindi sila natutuwa? Dahil labis itong hindi naaayon sa mga kuru-kuro nila, isang bagay ito na hindi nila inaasahan. Natupad

at natanto ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos at ang mga salita ng Diyos, sinisira ang mga pananaw nila, kaya nalulungkot sila. Batay sa mga kaisipan at pananaw na ipinapakita ng mga anticristo, pati na rin ang kawalang-kasiyahan ng kanilang damdamin, hindi ba't nagkikimkim sila ng perspektiba na katulad ng sa malaking pulang dragon? Hindi ba't kapareho ng sa malaking pulang dragon ang kalikasang diwa nila? Ganap na magkapareho ang mga ito.

Tungkol sa buong mundo, lahat ng bagay, at mga batas at tuntuning sinusunod ng lahat ng nilikha, iniisip ng mga anticristo: "Matagal nang nabuo ang kalikasan at mga panahon. Kung malamig sa mahabang panahon, iinit din; kung mainit sa mahabang panahon, lalamig din. Kapag panahon na para malaglag ang mga dahon, malalaglag ang mga ito kapag umihip ang hangin. Hindi ba't napakanormal ng lahat ng ito? Paano ito naging kataas-taasang kapangyarihan ng diyos? Paano ito naging batas na itinakda ng diyos? Ano ang magagawa ng mga batas ng diyos? Nakapatay na ng napakaraming hayop ang mga tao nang walang gaanong kinahinatnan; patuloy pa rin ang pamumuhay ng sangkatauhan tulad nang dati, tama ba? Sinasabing may kataas-taasang kapangyarihan ang diyos sa lahat ng bagay, pero bakit hindi ko nakikita kung paanong may kataas-taasang kapangyarihan ang diyos sa mga ito? Sinasabi nilang may kataas-taasang kapangyarihan ang diyos sa lahat ng bagay, pero bakit laging umuunlad ang masasamang tao habang ang mabubuti ay hindi kailanman nagiging mas makapangyarihan?" Sa huli, ang kongklusyon nila: "Walang tagapagligtas sa mundong ito; ang sangkatauhan ang nagmamaniipula sa mundo. Ang mga dakilang tao at lider ng mga bansa sa mundo ang namumuno sa mundong ito, at sila ang nagpapabago sa kalakaran ng mundong ito. Kung wala ang mga dakila at mahusay na taong iyon, mapapahamak ang mundo. Tungkol naman sa pagiging may kataas-taasang kapangyarihan ng diyos sa lahat ng bagay, hindi ko ito nakikita. Paano naging may kataas-taasang kapangyarihan ang diyos sa mga ito? Bakit hindi ko ito maramdaman? Bakit hindi ko ito maunawaan? Bakit naglalaman ng maraming bagay na taliwas sa mga kuru-kuro ng tao ang kataas-taasang kapangyarihan ng diyos sa lahat ng bagay?" Hindi nila ito kayang aminin o tanggapin. Pagdating sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay, sa paraan ng pagiging may kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay, sa disposisyong ibinubunyag ng Diyos sa Kanyang pagiging may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay, sa mga prinsipyo ng pagkilos ng Diyos, sa diwa ng Diyos, at iba pa, ang mga taong naghahangad ng katotohanan ay makakaunawa lang ng maliit na bahagi nito sa kanilang buhay. Pero sapat na ito para makapagpasakop sila sa kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Lumikha, makapagpasakop sa lahat ng salitang sinabi ng Lumikha, at aminin ang Lumikha bilang Diyos. Kahit na may ilang tao na makakaunawa ng isang maliit na bahagi nito, imposible para sa kanila na ganap na maunawaan ito, dahil marami sa mga gawa ng Diyos ang isinasagawa mula sa Kanyang katayuan at pagkakakilanlan, at palaging magkakaroon ng pagkakaiba sa pagitan ng mga gawang ito at sa kaisipan at kaalaman

ng nilikhang tao. At ang kaunting pagkaunawa na puwedeng makuha ng mga tao mula sa mga bagay na kanilang nararanasan sa buong buhay nila ay puwede lang maarok ng mga tao na naghahangad sa katotohanan, ng mga may malalim na pagkaunawa at kakayahang maarok ang katotohanan. Para sa mga tao na mahina ang kakayahan, na walang kabatiran at hindi talaga nagmamahal sa katotohanan, hindi nila kayang abutin kahit ang maliit na bahaging ito ng pagkaunawa. Madalas sabihin na mas mataas kaysa sa mga kaisipan ng tao ang mga kaisipan ng Diyos. Ibig sabihin nito na palaging hindi naaabot ng mga tao ang mga kaisipan ng Lumikha, at na biyaya ng Diyos ang pagkakakaron nila ng kahit maliit na pagkaunawa. Para sa mga naghahangad sa katotohanan, makakamtan lamang ito ng mga tumatanggap sa huling yugto ng gawain ng Diyos, pagkatapos marinig ang maraming salita ng Diyos, at maunawaan at maranasan ang maraming katotohanan—kailangan nito ng habambuhay na pagsisikap. Para sa mga anticristo na pangunahing itinatangi ang pagkakakilanlan ng Diyos, sa usapin ng kanilang diwa, hindi nila minamahal ang katotohanan o ang mga positibong bagay, at lalong hindi nila minamahal ang anumang bagay na may kinalaman sa pagkakakilanlan at diwa ng Diyos, kaya hindi nila kailanman maaabot ang punto ng pag-amin sa katunayan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay. Nakabatay ang pag-amin sa katunayang ito sa pag-unawa at paghahangad sa katotohanan, ngunit ang mga anticristo ay itinatangi ang katotohanan, tutol sa katotohanan, namumuhi sa Diyos, at higit pa rito, namumuhi sila sa pagkakakilanlan at diwa ng Diyos. Kaya, para sa kanila, mananatiling hindi umiiral ang katunayan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay. Ano ang ibig sabihin ng “hindi umiiral”? Ibig sabihin nito na hindi kailanman makikita o mauunawaan ng mga hangal na ito ang katunayan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay. Samakatwid, hindi nila ito maarok. Maraming bagay ang nakapaloob sa katunayan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay, at saklaw nito ang maraming katotohanan, pati na ang karunungan ng Diyos at ang pagkakakilanlan at diwa ng Diyos. Paano pinamamatnugutan ng Diyos ang lahat ng bagay sa gitna ng lahat ng bagay na may kataas-taasang kapangyarihan ang Diyos? Sa usapin ng mga pamamaraan, tiyempo, at mga konsiderasyon ng Diyos para sa bagay na ito, paano ito pinaplano at ipinapatupad ng Kanyang isipan? Batay sa mga aspektong ito, hindi isang simpleng bagay ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay; may mga komplikadong ugnayan na sangkot dito. Ang mga hangal tulad ng mga anticristo na walang espirituwal na pang-unawa at hindi tumatanggap sa katotohanan, ay hindi kailanman mauunawaan ang paraan ng pagiging may kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay. Hindi nila ito mauunawaan kailanman, kaya puwede ba nilang aminin ito? (Hindi.) Sinasabi ng ilan, “Hindi nila ito inaamin dahil hindi nila ito nauunawaan. Kung mauunawaan nila ito, hindi ba’t aaminin nila ito?” Hinuha lamang ito; ang mga hinuha ay naaayon lang sa lohika, pero hindi nangangahulugang umaayon ang mga ito sa mga katunayan. Kaya, ano ang katotohanan ng mga katunayan? Hindi kailanman aaminin ng mga anticristo ang

katunayan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay. Sa ngayon, huwag muna nating pag-usapan ang mga anticristo, at sa halip ay pag-usapan natin ang arkanghel, si Satanas, ang diyablo, ang malaking pulang dragon. Inuusig nito ang hinirang na mga tao ng Diyos, pinipinsala ang iglesia, at ginugulo ang gawain ng Diyos. Kapag dinadala ng Diyos ang mga kalamidad dito, nangangamba ito, takot na takot, at halos mabaliw na, at hindi ito makasabay, at sa huli, nagmamakaawa ito, “Hindi na ako lalaban muli sa langit.” Anong impormasyon ang puwedeng makuha mula sa pahayag na ito? Inaamin ng malaking pulang dragon ang pag-iral ng Langit, at ng Diyos, pero hindi nagbabago ang kalikasan ng malaking pulang dragon; kahit na inaamin nito ang pag-iral ng Diyos, kumontra at sumasalungat pa rin ito sa Diyos. Kapag hindi nito kaya ang Diyos, nagmamakaawa ito, sinasabing hindi na ito lalaban sa Langit. Pero tunay ba itong sumusuko at humihingi ng awa? Hindi, kapag nakabawi ito, patuloy itong lalaban; ito ang kalikasan ng malaking pulang dragon, at hindi nagbabago ang kalikasan nito. Ganito rin ang kalikasan ng mga anticristo.

Paano tinitingnan ng mga anticristo ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa kapalaran ng sangkatauhan sa loob ng Kanyang kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay? Kasama rito ang isang napakaliit na bagay. Pagdating sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay, ang konsepto ng “lahat ng bagay” ay makroskopiko at masyadong malaki; hindi ito matanggap ng mga anticristo, bulag sila rito, at hindi nila ito makilatis. Kaya, nagpapasakop ba ang mga anticristo sa kung paanong may kataas-taasang kapangyarihan ang Diyos sa sarili nilang mga kapalaran? Naaarok ba nila ito? Nauunawaan ba nila ito? Nagagawa ba nila itong aminin? Lalong hindi. Naniniwala ang mga anticristo na nakuha nila ang lahat ng magandang bagay sa kanilang tunay na buhay sa pamamagitan ng sarili nilang mga pagsisikap. Halimbawa, kung makapasok sila sa isang unibersidad, iniuugnay nila ito sa pagiging mahusay nila sa pag-aaral, naniniwala na isinilang sila para makapasok sa isang prestihiyosong unibersidad. Kung namumuhay sila nang maginhawa at kumita na ng pera, iniisip nila na nakatakda silang yumaman, dahil sinabi ng mga manghuhula na sasagana ang buhay nila, at susuwertehin sila na maging opisyal at magkakapera nang marami. Kapag nagkakaproblema, o hindi ayon sa kanilang inaasahan ang mga bagay, at nagdurusa sila, nagsisimula silang magreklamo, “Bakit napakasama ng nangyayari sa akin? Bakit napakapangit ng kapalaran ko? Napakamalas ko!” Binibigyang-interpretasyon at tinitingnan nila ang mga bagay na ito mula sa perspektiba ng tao. Kung maayos ang lahat, nagiging mapagmataas at mayabang sila, nagpapakitang-gilas sa bawat pagkakataon, nagpapakita ng matapang at mapanganib na tindig, at umaasal nang mayabang at mapagmataas; ngunit kapag hindi ayon sa kagustuhan nila ang mga bagay, sinisisi nila ang Diyos at ang ibang tao, at sinusubukan nilang humanap ng paraan para baguhin ang takbo ng mga bagay at makatakas sa sitwasyon. Sinasabi nila na mabuti ang lahat ng inoorden at ginagawa ng Diyos, ngunit sa pribado, pinipiga nila ang kanilang utak, sinusubukang gamitin ang lahat ng paraan para baguhin ang takbo ng mga bagay, at

takasan o baguhin ang sitwasyon, sinasabi nila, “Hindi ako naniniwala na napakapangit ng kapalaran ko, na napakamalas ko. Hindi ako naniniwala na labis na walang katarungan sa mundo, na ang isang taong may kakayahang tulad ko ay hindi magtatagumpay balang araw, na hindi kailanman darating ang panahon na magniningning ako. Sa katunayan, ang tadhana ay isang walang kabuluhanang konsepto, isang kasabihan lang ito; nakasalalay ang lahat ng ito sa sariling pagsisikap at pakikibaka. Tulad ng kasabihan, ‘Kailangang tiisin ng isang tao ang pinakamatinding hrap para maging pinakadakila sa mga tao.’ Ito ang pinakamataas na kredo; hinding-hindi ko ito dapat kalimutan, dapat ko itong gamitin bilang motibasyon ko.” Sinasabi nila nang paulit-ulit na mabuti ang lahat ng ginagawa ng Diyos, na may kataas-taasang kapangyarihan ang Diyos sa lahat ng bagay at na nagpapasakop sila sa mga pamamatnugot at pagsasaayos ng Diyos, pero sa huli, sinasabi nila, “Kailangang tiisin ng isang tao ang pinakamatinding hrap para maging pinakadakila sa mga tao.” Sa panlabas, nagsasalita sila ng mga espirituwal na salita, pero sa lihim, ang mga prinsipyong kanilang ipinapatupad, isinasagawa, at sinusunod ay ang mga pilosopiya ni Satanas para sa mga makamundong pakikitungo, lohika, at pag-iisip. May pagpapasakop ba rito? (Wala.) Ganito tinitingnan, inuunawa, at tinatrato ng mga anticristo ang katunayan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay. Batay sa mga pagpapamalas at halimbawang ito, inaamin at pinaniniwalaan ba ng mga anticristo ang katunayan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay, o pinagdududahan at kinokondena ba nila ito? (Pinagdududahan at kinokondena nila ito.) Anuman ang sinasabi nila, batay sa kanilang mga aktuwal na pagpapamalas, pangunahing hinahamak ng mga anticristo ang katunayan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay at hindi sila naniniwala rito. Nagsasabi pa ng walang-katuturang pahayag ang ilang anticristo: “Paano ka hindi magsusumikap para sa anumang bagay, at pasibo na lamang na maghihintay para sa kataas-taasang kapangyarihan ng diyos? Hindi ba’t kailangan mong magluto ng sarili mong pagkain? Puwede ka bang basta na lang maghintay nang nakabukas ang bibig sa mga pastel na babagsak mula sa langit? Paano man may kataas-taasang kapangyarihan ang diyos, kailangan pa rin ng mga tao na magsikap at kumilos, tama ba?” Hindi lamang tumatanggi ang mga anticristo na aminin ang katunayan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay, tinatanggihan at binabaluktot din nila ito. Ano ang layon nila sa pagbabaluktot nito? Naghahanap sila ng batayan at dahilan para sa kanilang walang pakundangan na pakikipaglaban para sa lahat ng pakinabang na ninanais nila. Batay sa iba’t ibang pagpapamalas ng mga anticristo, ano ang tunay na perspektiba nila sa katunayan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay? Ang hindi paniniwala, ang pagtanggi, at pagkondena—ito ang tunay na perspektiba nila.

Sa dalawang puntong pinagbahaginan natin ngayon, pangunahin nating hinimay ang pagpapamalas ng mga anticristo na hindi naniniwala sa pag-iral ng Diyos. Pagkatapos makinig sa pagbabahaginanang ito, nakapagkamit ba kayo ng anumang pagkaunawa? Sino-sino ang mga taong may ganitong mga isyu? Anong uri ng tao ang

may disposisyon ng anticristo pero hindi ang diwa ng anticristo, at puwedeng magbago? Sino ang mga taong may parehong problema, pero taglay ang diwa ng anticristo, hindi kayang magbago, mga kaaway ng Diyos magpakailanman, at hindi ang mga pakay ng kaligtasan kundi ng pagkawasak? Ipinapakita rin ba ninyo ang mga pagpapamalas na ito? Sa tingin ba ninyo ay kaya ninyong magbago? Kaya ba ninyong tanggapin ang katotohanan at gamitin ito para baguhin at palitan ang mga kaisipang ito? (Oo.) Sino-sino ang mga taong hindi kayang magbago? May isang uri ng tao, kapag nakakakita ng mga walang pananampalataya na namumuhay nang marangya, na nakatira sa malalaking bahay na ang mga interyor ay pinalamutian na parang palasyo, at may mangilan-ngilang mamahaling sasakyan, na natutukso at naghihinaing, “Ang saya maging mayaman, maging isang opisyal, maging may kakayahan! Bakit napakagaling niya? Bakit napakapalad niya? Paano niya kinita ang kanyang pera?” Sa tuwing makikita niya na mayroong katayuan sa lipunan ang isang tao, lalo niya itong binobola, sumisipsip siya rito, at sinusubukan niyang magpalakas dito, handa siyang gawin ang anumang bagay para dito, na maging alipin sa anumang antas. Partikular siyang mahilig sa masasamang kalakaran sa lipunan at madalas na nagnanais na maging bahagi ng mga ito, nababagabag siya kapag napipigilan siya ng pananalig niya sa Diyos na gawin ito. Higit pa rito, pakiramdam niya ay napag-iwanan na siya ng mundo; nadarama niya ang pagkalumbay, kawalan ng magagawa, na walang sumusuporta sa kanya, na wala siyang masumpungang kaginhawahan, at madalas siyang nakakaramdam ng pagkadurog ng puso. Ang isa pang uri ng tao ay labis na humahanga kapag nakakakita siya ng mga may pera at kapangyarihan na nagtatamasa ng tagumpay habang nag-aasikaso ng mga gawain ng mga ito sa lipunan at madalas niyang pinupuri ang mga ito, sinasabi niya, “Pumatay sila ng tao, pero dahil may pera at mga koneksiyon sila, ilang araw lang sila sa kulungan, bilang pormalidad lang, at nakalabas agad. Iyan ang tunay na kakayahan!” Labis nilang iginagalang at hinahangaan ang gayong mga tao sa lipunan. Ang isa pang uri ng tao ay nagbibigay ng espesyal na atensiyon at malalim na nagmamalasakit sa mga sensitibong paksa sa politika sa lipunan, at gustung-gusto niyang makialam at sumawsaw sa ilang usaping may kinalaman sa politika. Ang ganitong mga tao at iba pang katulad na mga uri, sa kaibuturan, ay may saloobin sa Diyos na katulad ng sa mga anticristo: Hindi sila naniniwala sa pag-iral ng Diyos, hindi nila inaamin ang pagkakakilanlan ng Diyos, o ang katunayan na ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay. Kabilang ang mga taong ito sa parehong pangkat ng mga anticristo. Hindi sila kabilang sa iglesia o sa sambahayan ng Diyos at sa huli ay aalisin sila. Hindi nila makasundo ang mga nananampalataya sa Diyos at salungat ang landas na kanilang tinatahak sa mga hinihingi ng Diyos. Pawang mapanganib ang mga taong ito; kahit hindi pa sila gumagawa ng anumang kasamaan, at hindi pa nila lantarang tinatanggihan, hinuhusgahan, o kinokondena ang Diyos, o lantarang inililigaw ang mga tao at hindi pa sila nakikipag-agawan ng posisyon sa iglesia, taglay nila ang diwa ng mga anticristo dahil sa pundamental ay hindi nila inaamin ang

pagkakakilanlan ng Diyos, at higit pa, hindi nila inaamin ang katunayang ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay. Bahagi sila ng mga buktot na puwersa at bahagi ng pangkat ni Satanas. Nirerespeto nila ang kabuktutan, at ang anumang maling paniniwala o panlilinlang na itinataguyod ng mga diyablo at ni Satanas, gayundin ang anumang masamang kalakaran na lumilitaw, na popular, o lumalaganap sa mundo. Hindi sila kabilang sa sambahayan ng Diyos o sa iglesia at hindi sila ang mga pakay ng pagliligtas ng Diyos. Tunay na mga kaaway ng Diyos ang mga taong ito; mga anticristo sila.

Nobyembre 14, 2020

Ikalabinlimang Aytem: Hindi Sila Naniniwala na Mayroong Diyos, at Itinatanggi Nila ang Diwa ni Cristo (Ikalawang Bahagi)

Ngayon, ipagpapatuloy natin ang pagbabahaginan tungkol sa ikalabinlimang aytem ng iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo: Hindi sila naniniwala na mayroong Diyos, at itinatanggi nila ang diwa ni Cristo. Sa ating huling pagbabahaginan, hinati natin ang paksang ito sa dalawang bahagi. Ang unang bahagi ay ang iba't ibang pagpapamalas ng hindi paniniwala ng mga anticristo na mayroong Diyos, na hinati pa natin sa dalawang aytem: una, ang pagtanggi ng mga anticristo sa pagkakakilanlan at diwa ng Diyos; ikalawa, ang pagtanggi ng mga anticristo sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay. Noong nakaraan, pangunahin nating pinagbahaginan kung paano hindi kinikilala ng mga anticristo ang diwa ng Diyos o ang Kanyang disposisyon, at kung paano hindi kinikilala ng mga anticristo na ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay ang katotohanan at kumakatawan sa Kanyang pagkakakilanlan, at kung paanong tiyak na hindi tinatanggap ng mga anticristo ang kahulugan at katotohanan sa likod ng lahat ng ginagawa ng Diyos. Sinasamba ng mga anticristo si Satanas, itinuturing na Diyos si Satanas, at ginagamit ang lahat ng pahayag at pananaw ni Satanas bilang batayan at pamantayan sa pagsukat sa pagkakakilanlan, diwa, at lahat ng ginagawa ng Diyos. Kaya, sa puso nila, paulit-ulit nilang itinataas at sinasamba ang ginagawa ni Satanas, itinataas at pinupuri nila ang mga kilos ni Satanas, at ginagamit nila si Satanas para palitan ang pagkakakilanlan at diwa ng Diyos. Ang mas masahol pa, sa batayan ng pagkilala nila sa lahat ng ginagawa ni Satanas, kinukuwestiyon nila ang mga salita at gawain ng Diyos sa bawat pagkakataon at bumubuo sila ng mga kuru-kuro at paghusga tungkol sa mga ito, at kinokondena nila ang Kanyang mga salita at gawain sa huli. Kaya, sa proseso ng pagsunod sa Diyos, hindi tinatanggap ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos bilang kanilang buhay, kanilang katotohanan, o kanilang direksyon at layon sa buhay. Sa halip, sumasalungat sila sa Diyos sa bawat pagkakataon, at sinusukat nila ang pagkakakilanlan at diwa ng Diyos gamit ang kanilang mga kuru-kuro at imahinasyon, ang lohika at pag-iisip ni Satanas, at ang disposisyon at mga pamamaraan ni Satanas. Sa proseso ng pagsunod sa Diyos, patuloy nilang pinagdududahan, pinaghihinalaan, at binabantayan ang Diyos, palagi nila Siyang hinuhusgahan, at hinahamak, kinokondena, at itinatanggi sa puso nila. Ang lahat ng bagay na ginagawa ng mga anticristo at ang iba't iba nilang pagpapamalas ay talagang nagpapatunay na hindi sila mga tagasunod ng Diyos, mga tunay na mananampalataya, o mga nagmamahal sa katotohanan at mga positibong bagay, kundi mga kaaway sila ng katotohanan at ng Diyos. Kapag pumupunta sa sambahayan ng Diyos ang mga taong ito, sa iglesia, hindi sila narito para tanggapin ang pagliligtas ng Diyos o para lumapit sa Diyos at tanggapin ang Kanyang mga salita bilang buhay. Kaya, ano ang ginagawa nila sa sambahayan ng Diyos? Kapag pumupunta sa sambahayan ng Diyos ang mga taong ito, una, kahit papaano, tinatangka nilang tugunan ang pagkamausisa nila; ikalawa, nais

nilang sumunod sa kalakarang ito; at ikatlo, nais nila ng mga pagpapala. Ito ang kanilang mga intensiyon at layon, at iyon na iyon. Batay sa kalikasang diwa ng mga anticristo, hindi nila kailanman layong tanggapin ang mga salita ng Diyos bilang kanilang buhay, hindi nila kailanman planong ituring ang mga salita ng Diyos bilang mga prinsipyo ng pagsasagawa o bilang kanilang direksyon at layon sa buhay, at hindi nila kailanman planong baguhin o talikuran ang sarili nilang mga pananaw, o baguhin o talikuran ang sarili nilang mga kuru-kuro, at lumapit sa Diyos para lubusang magsisi, at magpatirapa sa Kanyang harapan at tanggapin Siya bilang Tagapagligtas nila. Wala silang gayong mga layunin. Patuloy lamang nilang ipinagmamalaki sa harap ng Diyos kung gaano sila kagaling, kung gaano sila kahusay, kung gaano sila kamakapangyarihan, kung gaano kahusay ang kanilang mga kaloob at talento, at kung paano sila puwedeng maging haligi at gulugod ng sambahayan ng Diyos, at iba pa, para sa gayon ay maabot nila ang layon nilang maging mataas ang pagtingin sa kanila sa sambahayan ng Diyos, makilala sila ng Diyos, at maitaas ang ranggo nila sa sambahayan ng Diyos, para matugunan ang kanilang mga ambisyon at pagnanais. Hindi lamang iyon, nais din nilang matugunan ang ambisyon nila, pagnanais, at plano na “tumanggap ng isang daang beses sa buhay na ito at ng walang-hanggang buhay sa mundong darating.” Kailanman ba ay tinalikuran nila ang mga ambisyon, pagnanais, at planong ito? Kaya ba nilang subhetibong maunawaan, talikuran, at lutasin ang mga isyung ito? Hindi nila kailanman planong gawin ito. Kahit ano pa ang sinasabi o inilalantad ng mga salita ng Diyos, kahit na puwede nilang maiugnay ang Kanyang mga salita sa sarili nila, kahit na alam nila na ang kanilang mga plano, kaisipan, at layunin ay salungat sa mga salita ng Diyos at hindi naaayon sa mga ito, na taliwas ang mga ito sa mga katotohanang prinsipyo at mga pagpapamalas ng disposisyon ng mga anticristo, patuloy pa rin nilang pinanghahawakan ang sarili nilang mga pananaw, ambisyon, at pagnanais, at wala silang balak na baguhin ang sarili nila, baligtarin ang mga pananaw nila, talikuran ang kanilang mga ambisyon at pagnanais, at lumapit sa Diyos para tanggapin ang Kanyang paglalantad, paghatol, pagkastigo, at pagpupungos. Ang mga taong ito ay hindi lang mapagmatigas ang puso, kundi mayabang at palalo rin—mayabang na wala na sila sa katwiran. Kasabay nito, labis silang tutol at namumuhi sa bawat salitang sinasabi ng Diyos sa kaibuturan ng puso nila; kinamumuhian nila ang paglalantad ng Diyos sa kalikasang diwa ng tiwaling sangkatauhan, at ang Kanyang paglalantad sa iba’t ibang tiwaling disposisyon. Kinamumuhian nila ang Diyos at ang katotohanan nang walang dahilan; kinamumuhian pa nga nila ang mga taong naghahangad sa katotohanan at ang mga minamahal ng Diyos. Ganap na ipinapakita nito na buktot talaga ang disposisyon ng mga anticristo. Ang kanilang walang-dahilang pagkamuhi, pagkamapanlaban, pagsalungat, paghusga, at pagtanggì sa Diyos at sa katotohanan ay nagpapakita rin sa atin na talagang may malupit na disposisyon ang mga anticristo.

Ang iba’t ibang disposisyon ng mga anticristo ay mga pinakaperpektong halimbawa ng mga taglay na disposisyon ng tiwaling sangkatauhan, at ang tindi ng iba’t ibang disposisyon ng mga anticristo ay mas malala kaysa sa disposisyon ng sinumang

karaniwang tiwaling indibidwal. Kahit gaano pa kalalim o kakongkreto ang paglalandad ng Diyos sa mga tiwaling disposisyon ng sangkatauhan, itinatatwa at itinatanggi ito ng mga anticristo, at hindi nila ito tinatanggap bilang ang katotohanan o bilang ang gawain ng Diyos. Kinikilala at pinaniniwalaan lang nila na ang pagiging sapat na masama, walang-awa, buktot, mapaminsala, at malupit ang tanging paraan upang makapanindigan, mangibabaw, at manatiling matatag sa huli sa lipunang ito at sa gitna ng masasamang kalakaran. Ito ang lohika ng mga anticristo. Dahil dito, nagkikimkim ng pagkamapanlaban at pagkamuhi ang mga anticristo sa matuwid at banal na diwa ng Diyos, sa katapatan at pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos, at sa iba pang mga positibong bagay na tulad ng mga ito. Kahit gaano pa magpatotoo ang mga tao tungkol sa pagkakakilanlan, diwa, at lahat ng gawain ng Diyos, at kahit gaano pa nila kakongkreto at kamatapat na gawin ito, hindi ito tinatanggap ng mga anticristo; hindi nila inaamin na gawa ito ng Diyos, na may katotohanang dapat hanapin dito, o na ito ang pinakamagandang edukasyonal na materyal at patotoo para sa kaalaman ng sangkatauhan sa Diyos. Sa kabaligtaran, sa anumang maliit na bagay na ginagawa ni Satanas, nang namamalayan o hindi, nagpapatirapa ang mga anticristo sa paghanga rito. Pagdating sa mga bagay na ginagawa ni Satanas, nagkakaisa ang mga anticristo sa pagtanggap, paniniwala, pagsamba, at pagsunod sa mga bagay na ito, itinuturing man ang mga ito na marangal o mababa ng sangkatauhan. Gayumpaman, may isang bagay na bumabagabag sa mga anticristo: Sinabi ni Buddha na kaya niyang paratingin ang mga tao sa Purong Lupain, at iniisip ng mga anticristo: “Mukhang mas mababa ang Purong Lupaing ito kaysa sa kaharian ng langit at sa langit na binabanggit ng diyos—hindi ito gaanong ideyal. Bagaman makapangyarihan si Satanas, at kaya nitong magbigay ng walang-katapusang mga pakinabang sa mga tao, at tugunan ang lahat ng kanilang ambisyon at pagnanais, ang isang bagay na hindi nito magawa ay ang mangako sa tao, bigyang-kakayahan ang mga tao na makapasok sa kaharian ng langit at makamtan ang buhay na walang hanggan. Hindi nangangahas si Satanas na ipahayag ito, ni hindi ito kayang gawin ni Satanas.” Sa kaibuturan ng puso nila, nararamdaman ng mga anticristo na hindi ito lubos maisip, at kasabay nito, iniisip nilang ito ang pinakanakakapanghinayang na bagay. Kaya habang sumusunod sa Diyos nang labag sa kanilang loob, patuloy pa rin nilang pinaplano kung paano makakamtan ang mas higit pang mga pagpapala, at kung sino ang makakatugon sa kanilang mga pagnanais at ambisyon. Kuwenta sila nang kuwenta, at sa huli, wala silang magawa kundi ang makipagkompromiso na manatili sa sambahayan ng Diyos. Batay sa mga pagpapamalas na ito ng mga anticristo, ano ang kanilang saloobin at pananaw sa Diyos? Mayroon ba silang kahit kaunting tunay na pananampalataya? Mayroon ba silang tunay na pananalig sa Diyos? Kinikilala ba nila kahit kaunti ang mga gawa ng Diyos? Kaya ba nilang sabihin ang “Amen” mula sa kaibuturan ng puso nila sa katunayang ang mga salita ng Diyos ang katotohanan, ang buhay, at ang daan? Ginawa ng Diyos ang napakadakilang gawain sa sangkatauhan—kaya bang purihin ng mga anticristo ang dakilang kapangyarihan at matuwid na disposisyon ng Diyos mula sa

kaibuturan ng puso nila? (Hindi.) Ito ay dahil itinatanggi mismo ng mga anticristo ang pagkakakilanlan, diwa, at lahat ng gawa ng Diyos kaya palagi nilang itinataas at pinapatotohanan ang sarili nila sa proseso ng pagsunod sa Kanya, at kaya nila sinusubukang makuha ang pabor at puso ng mga tao, at kaya sinusubukan pa nga nilang kontrolin at ikulong ang puso ng mga tao, at makipagkompetensiya sa Diyos para sa Kanyang mga hinirang. Pinapatunayan ng lahat ng gayong pagpapamalas na hindi kailanman kinikilala ng mga anticristo ang pagkakakilanlan at diwa ng Diyos, o kinikilala na nasa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha ang sangkatauhan at lahat ng bagay. Ito ang hinimay natin noong nakaraan tungkol sa mga pananaw, pagpapamalas, at mga pagbubunyag ng mga anticristo tungkol sa pag-iral ng Diyos. Dahil may ganitong pananaw at pagpapamalas ang mga anticristo tungkol sa pag-iral ng Diyos, ano naman ang saloobin nila kay Cristo, sa Diyos na nagkatawang-tao? Magagawa ba nilang tunay na paniwalaan, kilalanin, sundan Siya, at magpasakop sa Kanya? (Hindi.) Batay sa pakikitungo ng mga anticristo sa pag-iral ng Diyos, kinikimkim nila ang ganitong saloobin sa Espiritu ng Diyos, kaya hindi na kailangang sabihing mas kasuklam-suklam pa ang saloobin nila sa Diyos na nagkatawang-tao kaysa sa saloobin nila sa Kanyang Espiritu, nang may mas malinaw at mas matinding mga pagpapamalas.

II. Itinatanggi ng mga Anticristo ang Diwa ni Cristo

Ngayon, magbabahaginan tayo tungkol sa kung paano tinatrato ng mga anticristo si Cristo, ang Diyos na nagkatawang-tao, batay sa hindi nila paniniwala na mayroong Diyos. Kinikilala ng maraming tao ang katunayang hindi naniniwala ang mga anticristo na may Diyos. Matapos ang lahat ng pagbabahaginan, pagsisiwalat, at paghihimay na ito, nakakuha ba kayo ng kongkretong pagkaunawa sa mga disposisyon at pagpapamalas ng mga anticristo? Tinatanggap man nila ang gawaing ginawa ng Diyos na nagkatawang-tao, o ang katunayang naging laman ang Diyos, sa realidad, itinatanggi nila ang pag-iral ng Diyos. Kaya, anong klaseng tao ba talaga sila? Sa tumpak na pananalita, sila ay mga mapagsamantalang hindi mananampalataya—sila ay mga Pariseo. Malinaw na masama ang ilan sa kanila, habang mukhang mapagpakumbaba, may pinong ugali, may dignidad, at marangal ang iba—mga tipikal na Pariseo sila. Pagdating sa dalawang uri ng taong ito—iyong mga mukhang masama at iyong mga mukhang banal at hindi masama—kung pangunahin silang hindi naniniwala sa pag-iral ng Diyos, masasabi ba natin na mga hindi sila mananampalataya? (Oo.) Nagbabahaginan tayo ngayon tungkol sa kung ano ang mga pananaw at saloobin ng mga hindi mananampalataya kay Cristo, kung ano ang mga pagpapamalas na ipinapakita nila sa iba’t ibang aspekto ni Cristo, at kung paano natin mauunawaan ang diwa ng mga anticristo sa pamamagitan ng mga pagpapamalas na ito.

A. Kung Paano Tinatrato ng mga Anticristo ang Pinagmulan ni Cristo

Pagdating kay Cristo, na isang ordinaryong tao na may espesyal na pagkakakilanlan, ano ang mga bagay na kadalasang pinakapinapahalagahan ng mga tao? Una sa lahat,

hindi ba't maraming tao ang nagpapahalaga sa Kanyang pinagmulan? Isang pangunahing pokus iyan ng atensiyon ng mga tao. Kaya, una nating pagbahaginan kung paano tinatrato ng mga anticristo ang pinagmulan ni Cristo. Bago tayo magbahaginan tungkol dito, pag-usapan muna natin kung paano pinlano ng Diyos ang iba't ibang aspekto ng pinagmulan ng Kanyang laman nang nagkatawang-tao Siya. Gaya ng alam ng marami, noong Kapanahunan ng Biyaya, ipinaglihi si Cristo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu at ipinanganak ng isang birhen. Ipinanganak Siya sa isang lubhang ordinaryo at normal na pamilya, na sa modernong salita ay matatawag na isang sambahayan ng mga karaniwang mamamayan. Hindi Siya ipinanganak sa isang mayaman, opisyal, o kilalang malaking pamilya—ipinanganak pa nga Siya sa isang sabsaban, na lubhang wala sa hinagap at imahinasyon ng lahat. Kung titingnan ang bawat aspekto ng pinagmulan ng unang nagkatawang-taong laman ng Diyos, napakaordinaryo ng pamilya kung saan isinilang ang Diyos na nagkatawang-tao. Si Maria, ang Kanyang ina, ay ordinaryo rin, at hindi isang taong bukod-tangi, at tiyak na wala siyang taglay na anumang espesyal na kapangyarihan, o mga pambihira at natatanging talento. Gayumpaman, mahalagang tandaan na hindi siya hindi mananampalataya o walang pananampalataya, kundi isa siyang tagasunod ng Diyos. Napakahalaga nito. Si Jose, ang asawa ni Maria, ay isang karpintero. Ang isang karpintero ay isang uri ng artesano, at katamtaman ang kita niya, pero hindi siya mayaman at wala siyang masyadong pera. Gayumpaman, malayo siya sa pagiging mahirap, at kaya niyang tugunan ang lahat ng pangunahing pangangailangan ng pamilya niya. Ipinanganak sa ganitong uri ng pamilya ang Panginoong Jesus; ayon sa mga pamantayan ng kita at mga kondisyon ng pamumuhay ngayon, halos hindi masasabing nasa panggitnang uri ang pamilya niya. Maituturing bang marangal o mababa sa sangkatauhan ang gayong pamilya? (Mababa.) Samakatwid, ang pamilya kung saan isinilang ang Panginoong Jesus ay malayo sa pagiging kilala, mayaman, o tanyag, at lalong malayo sa itinuturing ngayong mataas na uri. Kapag lumalabas ang mga bata mula sa mga pamilyang mayaman o may mataas na katayuan, karaniwan silang pinapalibutan at dinudumog ng mga tao, pero kabaligtaran ang nangyari sa pamilya ng Panginoong Jesus. Ipinanganak Siya sa isang pamilya na walang marangyang kondisyon ng pamumuhay o kilalang katayuan. Isang napakaordinaryong pamilya ito na hindi napapansin at binabalewala ng mga tao, nang walang sinumang pumupuri o dumudumog sa kanila. Sa ganitong kalagayan at panlipunang kapaligiran noon, nasa posisyon ba si Cristo para makatanggap ng mataas na edukasyon o maimpluwensiyahan at maapektuhan ng iba't ibang pamumuhay, kaisipan, pananaw, at iba pa ng mataas na antas na lipunan? Maliwanag na hindi. Karaniwang edukasyon ang natanggap Niya, binasa Niya ang mga Kasulatan sa bahay, nakinig Siya sa mga kuwento mula sa Kanyang mga magulang, at dumalo Siya sa mga pagsamba sa iglesia kasama nila. Sa lahat ng aspekto, ang pinagmulan ng Panginoong Jesus at ang kontekstong kinalakihan Niya ay hindi prestihiyoso o marangal gaya ng inaakala ng mga tao. Ang kapaligirang kinalakihan Niya ay katulad ng sa isang ordinaryong tao. Simple at ordinaryo ang

Kanyang pang-araw-araw na buhay, katulad ng sa karaniwang tao ang mga kondisyon ng Kanyang pamumuhay, hindi espesyal ang mga ito, at wala Siya ng mga espesyal at nakakataas na kondisyon ng pamumuhay ng mataas na antas ng lipunan. Ito ang konteksto kung saan ipinanganak ang unang nagkatawang-taong laman ng Diyos, at ang kapaligiran ng Kanyang kinalakihan.

Bagaman ang kasarian ng Diyos na nagkatawang-tao sa pagkakataong ito ay lubos na naiiba sa nakaraang pagkakatawang-tao, ordinaryo rin at hindi kapansin-pansin ang katayuan ng Kanyang pinagmulang pamilya. Nagtatanong ang ilan, “Gaano kaordinaryo?” Sa kasalukuyang panahon, ang ordinaryo ay nangangahulugan ng isang karaniwang kapaligiran sa pamumuhay. Ipinanganak si Cristo sa isang pamilya ng manggagawa, ibig sabihin, isang pamilya na umaasa sa sahod para sa kabuhayan nila, na kayang tugunan ang sarili nilang mga pangunahing pangangailangan, pero hindi sila mayaman tulad ng mga nakakariwasa. Nakisalamuha si Cristo sa mga ordinaryong tao, at naranasan Niya ang buhay ng mga ordinaryong tao; namuhay Siya sa ganitong uri ng kapaligiran, at walang anumang espesyal dito. Sa pangkalahatan, may pagkakataon bang matuto ng mga masining na kasanayan ang mga anak mula sa mga pamilya ng mga manggagawa? Mayroon ba silang pagkakataong malantad sa iba’t ibang pananaw na laganap sa mataas na lipunan? (Wala.) Hindi lamang sila walang pagkakataong matutunan ang iba’t ibang kasanayan, higit pa rito, wala silang mga pagkakataong makihalubilo sa mga tao, pangyayari, at bagay sa mataas na lipunan. Mula sa perspektibang ito, napakaordinaryo ng pamilya kung saan isinilang ang Diyos na nagkatawang-tao sa pagkakataong ito. Namumuhay nang disente ang Kanyang mga magulang, nakasalalay ang kabuhayan nila sa kanilang trabaho at hanapbuhay, at karaniwan ang kondisyon ng pamumuhay nila. Pinakakaraniwan sa modernong lipunan ang gayong mga kondisyon. Mula sa perspektiba ng mga walang pananampalataya, walang nakakaangat na kondisyon sa kapaligiran ng kapanganakan ni Cristo, at wala sa Kanyang pinagmulang pamilya o kalidad ng buhay ang maipagyayabang. Ipinanganak sa mga pamilyang intelektuwal ang ilang kilalang tao; pawang mga edukador at matataas na intelektuwal ang mga ninuno nila. Lumaki sila sa ganitong kapaligiran, na may kasamang estilo at tindig ng isang intelektuwal na pamilya. Pinili ba ng Diyos ang katulad na pinagmulang pamilya para sa Kanyang nagkatawang-taong laman? Hindi. Sa pagkakataong ito, ang Diyos na nagkatawang-tao ay wala ring kilalang pinagmulang pamilya at kilalang katayuan sa lipunan, at lalong wala Siyang nakakaangat na kapaligiran ng pamumuhay—nagmula Siya sa isang lubos na ordinaryong pamilya. Huwag muna nating pag-usapan kung bakit pinili ng Diyos na nagkatawang-tao ang gayong pamilya, kapaligiran sa pamumuhay, at pinagmulang Kanyang kinalakihan; hindi natin pag-uusapan ang kahalagahan nito sa ngayon. Sabihin mo sa Akin, hindi ba’t nababahala ang ilang tao kung nakapag-aral si Cristo sa unibersidad? Sasabihin Ko sa inyo ang katotohanan: Huminto Ako sa pag-aaral bago kumuha ng college entrance exam at umalis Ako sa bahay sa edad na 17. Kaya, nakapag-aral ba Ako sa unibersidad? (Hindi.)

Masama ba o magandang balita ito para sa inyo? (Sa tingin ko, wala nang saysay na malaman pa ito, wala itong kinalaman sa pagsunod sa Diyos.) Iyan ang tamang perspektiba. Hindi Ko pa ito nabanggit dati, hindi dahil gusto Ko itong itago o pagtakpan, kundi dahil hindi na ito kailangang sabihin, dahil ganap na walang kinalaman ang mga bagay na ito sa pagkilala at pagsunod sa Diyos. Bagaman ang kuwento sa likod ng kapanganakan ng Diyos na nagkatawang-tao, ang kapaligiran ng Kanyang pamilya, at ang kapaligiran kung saan Siya lumaki ay walang epekto sa pagkilala sa Diyos o sa Diyos na nagkatawang-tao, at hindi talaga konektado sa mga bagay na ito, bakit Ko tinatalakay ang mga isyung ito rito? May kinalaman ito sa isa sa mga pananaw ng mga anticristo tungkol kay Cristo na ating hinihimay ngayon. Hindi pinili ng Diyos ang isang kilalang katayuan, marangal na pagkakakilanlan, o kilalang pinagmulan ng pamilya at pinagmulan sa lipunan para sa Kanyang nagkatawang-taong laman, lalong hindi Niya pinili ang isang nakakaangat, komportable, mayaman, marangyang kapaligiran na Kanyang kinalakihan. Hindi rin pinili ng Diyos ang isang pinagmulang pamilya kung saan makakatanggap Siya ng mas mataas na edukasyon o makakasalamuha Niya ang mataas na lipunan. Kung isinasaalang-alang ang mga aspekto ng pagpili ng Diyos nang nagkatawang-tao Siya, maaapektuhan ba ng mga bagay na ito ang gawaing ipinarito ni Cristo? (Hindi.) Kung titingnan ang proseso, kalikasan, at mga resulta ng Kanyang mga huling gawain, hindi nakakaapekto ang mga aspektong ito sa anumang paraan sa plano ng gawain, mga hakbang, o mga resulta ng Diyos, ngunit sa kabaligtaran, may isang uri ng pakinabang sa mga aspektong ito ng Kanyang pagpili, ibig sabihin, mas kapaki-pakinabang para sa kaligtasan ng mga hinirang na tao ng Diyos ang pagpili Niya na ipanganak sa gayong kapaligiran, dahil nagmula ang 99% sa kanila sa katulad na pinagmulan. Isang aspekto ito ng kahalagahan ng pinagmulan ng Diyos na nagkatawang-tao na dapat maunawaan ng mga tao.

Kanina lang, nagsalita Ako sa simpleng paraan tungkol sa pinagmulan at kapaligiran ng kapanganakan ni Cristo, para mabigyan kayo ng pangkalahatang pagkaunawa tungkol dito. Susunod, himayin natin kung paano itinuturing ng mga anticristo ang pinagmulan ng Diyos na nagkatawang-tao. Una, ang mga anticristo ay lihim na nanghahamak at may pakiramdam ng paglaban sa kapaligiran at pinagmulan ng kapanganakan ni Cristo. Bakit nila ito hinahamak at nilalabanan? Dahil mayroon silang mga kaisipan at kurukuro sa kalooban nila. Ano ang perspektiba nila tungkol dito? “Ang diyos ang lumikha, pinakamakapangyarihan siya sa lahat, nasa itaas siya ng kalangitan, at nasa itaas ng sangkatauhan at ng lahat ng nilikha. Kung diyos siya, dapat siyang umangat sa pinakamataas na posisyon sa sangkatauhan.” Ano ang ibig nilang sabihin sa pag-angat niya sa pinakamataas na posisyon? Ibig nilang sabihin na mas mataas siya dapat sa lahat, na dapat na ipinanganak siya sa isang kilala at marangal na malaking pamilya, at wala na siyang mahihiling pa; na dapat ipinanganak siya mula sa mayamang pamilya, may ganap na kapangyarihan, pati na rin awtoridad at impluwensiya, at maging lalong mayaman at isang bilyonaryo. Kasabay nito, dapat mataas ang pinag-aralan niya,

natutunan ang lahat ng bagay na dapat malaman ng mga tao sa mundong ito. Halimbawa, tulad ng isang prinsipeng, dapat makatanggap siya ng personal na pagtuturo, mag-aral sa mga kilalang paaralan, at mamuhay ng buhay ng mataas na antas ng lipunan. Hindi siya dapat maging anak ng isang ordinaryong pamilya. Dahil si Cristo ang nagkatawang-taong laman, dapat na higit ang edukasyon niya kaysa sa lahat, at dapat iba sa mga karaniwang tao ang kanyang mga materyal sa pag-aaral. Iniisip nila na dahil pumarito si Cristo para maghari, dapat matuto siya ng sining ng pamumuno, gayundin kung paano pamahalaan at kontrolin ang sangkatauhan, at pag-aralan ang Tatlumpu't Anim na Panlilinlang, at matuto ng maraming wika at ilang masining na kasanayan, para magamit ang mga ito sa gawain niya sa hinaharap, at para mapamahalaan niya ang lahat ng uri ng tao sa hinaharap. Para sa kanila, ang gayong Cristo lang ang magiging marangal, dakila, at may kakayahang iligtas ang mga tao dahil magkakaroon siya ng sapat na kaalaman at mga talento, at sapat na abilidad para mabasa ang isipan ng tao upang makontrol sila. Kinikimkim ng mga anticristo ang gayong mga kuru-kuro tungkol sa pinagmulan ng nagkatawang-taong laman ng Diyos at pinanghahawakan nila ang mga kuru-kurong ito habang tinatanggap ang Diyos na nagkatawang-tao. Una, hindi nila isinasantabi ang mga kuru-kuro nila at hindi nila nauunawaan o naaarok muli ang ginagawa ng Diyos mula sa kaibuturan ng puso nila. Hindi nila itinatanggi ang sarili nilang mga kuru-kuro at pananaw, o nauunawaan ang mga panlilinlang na kinikimkim nila, at hindi nila nakikilala si Cristo at ang nagkatawang-taong laman ng Diyos at hindi nila tinatanggap ang lahat ng sinasabi at ginagawa ni Cristo nang may saloobin at prinsipyo ng pagpapasakop sa katotohanan. Sa halip, sinusukat nila ang lahat ng sinasabi ni Cristo ayon sa sarili nilang mga kuru-kuro at pananaw. “Walang lohika ang pahayag na ito ni Cristo; hindi wasto ang mga ginamit na salita sa isang iyon; may mali sa gramatika nito; masasabi mong hindi mataas ang pinag-aralan ni Cristo. Hindi ba’t nagsasalita siya na parang isang karaniwang tao? Paanong magsasalita ng ganoon si Cristo? Hindi niya ito kasalanan. Sa katunayan, gusto rin niyang makilala, igalang siya ng iba, pero hindi posible iyon—hindi siya nagmula sa isang magandang pamilya. Mga ordinaryong tao lamang ang mga magulang niya, at nakaimpluwensiya ang estado nila para matulad siya sa kanila. Paano ito nagawa ng diyos? Bakit parang hindi masyadong elegante at marangal ang mga salita at kilos ni Cristo? Bakit wala siyang pananalita at kilos ng mga iskolar at ng mga pinong intelektuwal sa lipunan, ng mga prinsesa at prinsipeng mula sa mataas na antas ng lipunan? Bakit parang hindi tugma sa pagkakakilanlan ni Cristo ang kanyang mga salita at gawa?” Nagkikimkim ang mga anticristo ng ganitong uri ng perspektiba at ng ganitong uri ng mapagmasid na pananaw sa kung paano nila tinitingnan si Cristo, at ang lahat ng Kanyang salita at gawain, kung paano Niya itinuturing ang mga tao, at ang Kanyang pananalita at kilos, at hindi maiwasang lumilitaw ang mga kuru-kuro sa puso nila. Hindi lamang sila hindi nagpapasakop kay Cristo, hindi rin nila itinuturing nang tama ang Kanyang mga salita. Sinasabi nila, “Puwede bang maging tagapagligtas ko ang gayong ordinaryong tao, ang gayong karaniwang tao? Maaari ba

niya akong pagpalain? Maaari ba akong magkamit ng anumang pakinabang mula sa kanya? Maaari bang matupad ang mga pangarap at hangarin ko? Masyadong ordinaryo ang taong ito, hanggang sa puntong minamaliit siya.” Habang mas nakikita ng mga anticristo na ordinaryo at karaniwan si Cristo, at iniisip na napakanormal ni Cristo, mas lalo nilang nararamdamang mataas at marangal sila. Kasabay nito, nagkukumpara pa ang ilang anticristo, “Bata ka pa at hindi mo alam kung paano manamit o makipag-usap sa mga tao. Hindi mo alam kung paano kumuha ng impormasyon mula sa mga tao. Bakit ka masyadong direkta? Paano nahahawig sa diyos ang anumang sinasabi mo? Paanong nagpapakita ang anumang sinasabi mo na ikaw ang diyos? Paano nahahawig sa diyos ang iyong mga kilos, pananalita, ugali, gawi, at pananamit? Sa tingin ko, hindi ka naman nahahawig sa diyos sa anuman sa mga aspektong ito. Dapat na may mas mataas na edukasyon si cristo, dapat alam na alam niya ang kabuuan ng Bibliya, at dapat magaling siyang magsalita, pero palagi mong inuulit ang sinasabi mo at kung minsan ay gumagamit ka ng mga salitang hindi angkop.” Pagkatapos ng maraming taon ng pagsunod kay Cristo, hindi lang hindi tinanggap ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos at ang katotohanan sa puso nila, hindi rin nila tinanggap ang katunayang si Cristo ang nagkatawang-taong laman ng Diyos. Katumbas ito ng hindi nila pagtanggap kay Cristo bilang Tagapagligtas nila. Sa halip, mas lalo nilang hinahamak ang nagkatawang-taong laman ng Diyos, ang ordinaryong taong ito, sa kanilang puso. Dahil wala silang nakikitang espesyal kay Cristo, dahil napakakaraniwan at napakaordinaryo ng Kanyang pinagmulan, at mukhang hindi Niya kayang magdulot ng anumang benepisyo sa kanila sa lipunan o sa sangkatauhan, o tulutan silang magtamasa ng anumang pakinabang, nagsisimula silang walang habas at hayagang husgahan Siya, “Hindi ba’t anak ka lang ng kung sinong pamilya? Anong mali sa paghuhusga ko sa iyo kung gayon? Ano ang magagawa mo sa akin? Kung nagmula ka sa isang kilalang pamilya o may mga magulang na opisyal, baka matakot ako sa iyo. Bakit ako matatakot sa iyo kung ganyan ka naman? Kaya, kahit si cristo ka, ang nagkatawang-taong laman na pinatotohanan ng diyos, hindi ako natatakot sa iyo! Patuloy pa rin kitang huhusgahan kapag nakatalikod ka, at malaya akong magkokomento tungkol sa iyo. Tuwing may pagkakataon ako, pag-aaralan ko ang iyong pamilya at lugar ng kapanganakan.” Ito ang mga bagay na paboritong gawan ng isyu ng mga anticristo. Hindi nila kailanman hinahanap ang katotohanan, at paulit-ulit nilang hinuhusgahan at nilalabanan ang anumang hindi tugma sa kanilang mga kuru-kuro at imahinasyon. Alam na alam ng mga taong ito na ang katotohanan ang ipinapahayag ni Cristo, kaya bakit hindi nila hinahangad ang katotohanan? Talagang wala silang katwiran!

Partikular na sumasamba ang mga anticristo sa kapangyarihan at katayuan. Kung nagmula si Cristo sa isang mayaman at makapangyarihang pamilya, hindi sila mangangahas na magsalita ng kahit ano. Pero kung nagmula Siya sa isang ordinaryong pamilya na walang kapangyarihan, hinding-hindi sila matatakot sa Kanya, mararamdaman nila na maaari nilang basta-bastang pag-aralan at husgahan ang Diyos, si Cristo, at ganap silang magiging walang pakialam tungkol dito. Kung tunay nilang inaamin at

pinaniniwalaan na ang taong ito ang nagkatawang-taong laman ng Diyos, magagawa ba nilang kumilos nang ganito? Magagawa ba ito ng sinumang may kaunting may-takot-sa-Diyos na puso? Hindi ba't magpipigil sila? (Oo.) Anong uri ng mga tao ang nakakakilos nang ganito? Hindi ba't ito ang pag-uugali ng mga anticristo? (Oo.) Kung inaamin mo na ang diwa ni Cristo ay ang Diyos Mismo at na ang taong sinusundan mo ay ang Diyos, paano mo dapat tratuhin ang lahat ng bagay na may kaugnayan kay Cristo? Hindi ba't dapat may mga prinsipyo ang mga tao? (Oo.) Kung gayon, bakit nangangahas silang labagin ang mga prinsipyong ito nang walang kahit kaunting pag-aalinlangan? Hindi ba't pagpapamalas ito ng pagkamapanlaban kay Cristo? Dahil ipinanganak si Cristo sa isang ordinaryong pamilya, kasabay ng kanilang pagkadismaya sa Kanya, nagkikimkim din ang mga anticristo ng pagkamapanlaban sa Kanyang pamilya at mga miyembro nito. At habang lumilitaw ang pagkamapanlaban na ito sa kanila, hindi sila humihinto o nagpapahinga, sa halip ay tumatambay sila sa paligid ng sambahayan ni Cristo at nagtatanong sa tuwing may pagkakataon, na para bang gumagawa sila ng isang lehitimong trabaho: "Nagbalik na ba si cristo? Mayroon bang nagbago sa buhay ng pamilya mula nang lumitaw si cristo?" Inuusisa nila ang mga usaping ito tuwing may pagkakataon. Hindi ba't kasuklam-suklam ang gayong mga tao? Hindi ba't nakakadiri sila? Hindi ba't kasuklam-suklam sila? Sobra silang kasuklam-suklam at nakakadiri! Isantabi muna natin kung kumusta ang pananalig nila sa Diyos, at ikonsidera lamang: Anong uri ng karakter ang taglay ng mga taong kayang gumawa ng gayong mga bagay at may gayong uri ng mga nakakadiring kaisipan? Tiyak na mababa ang karakter nila. Mga hamak sila, at sobrang kasuklam-suklam at nakakadiri! Kung hindi ka nananampalataya kay Cristo, puwede mong sabihin nang malinaw sa Akin, "Hindi ka mukhang diyos; isang tao ka lang. Hinusgahan kita habang nakatalikod ka—ano ang magagawa mo tungkol doon? Itinanggi kita—ano ang magagawa mo roon?" Kung hindi ka nananampalataya, hindi kita pipilitin, at walang sinuman ang pipilit sa iyo na gawin ito. Pero hindi mo kailangang patagong gumawa ng gayong mabababaw na kilos. Ano ang papel ng mga iyon? Makakatulong ba ang mga iyon para lumago ang pananalig mo? Makakatulong ba ang mga ito sa pag-unlad ng buhay mo, o na mas maunawaan mo ang Diyos? Wala itong ganitong mga papel, kaya bakit ginagawa mo ang mga ito? Sa pinakamababa, may napakakasumpa-sumpang pagkatao ang mga taong gumagawa ng gayong mga kilos; hindi sila nananampalataya sa diwa ni Cristo o hindi nila kinikilala ang Kanyang pagkakakilanlan. Kung hindi ka nananampalataya, huwag kang manampalataya. Umalis ka na! Bakit pinapatagal mo pa ang pananatili mo sa sambahayan ng Diyos? Ang hindi pananampalataya sa Diyos pero gusto pa ring makatanggap ng mga pagpapala at nagkikimkim ng mga ambisyon at pagnanais—ito ang pagiging kasuklam-suklam ng mga anticristo. Ang gayong mga tao, dahil labis silang kasuklam-suklam, ay kayang gumawa ng mga "katangi-tanging" pagkilos. Wala Ako sa bahay sa loob ng 20 taon, at "inalagaan nang mabuti" ng mga taong ito ang bahay na iyon sa loob ng 20 taon; wala Ako sa bahay sa loob ng 30 taon, at "inalagaan" nila ito sa

loob ng 30 taon. Nagtataka Ako kung bakit sobrang “bait” nila at walang ginagawa. Nahanap Ko ang sagot sa tanong na ito, at iyon ay gusto nilang kalabanin ang Diyos hanggang sa wakas. Hindi sila nananampalataya sa diwa ng Diyos o sa lahat ng Kanyang nagawa. Sa panlabas, mukhang mausisa at nagmamalasakit sila, pero sa diwa, nagmamatyag at naghahanap sila ng bentaha, sa loob nila ay may pagkamapanlaban, pagtangga, at pagkondena. Bakit nananampalataya pa rin ang mga taong ito? Ano ang punto ng pananampalataya nila sa Diyos? Dapat nilang itigil ang pananampalataya nila at umalis na agad! Hindi nangangailangan ang sambahayan ng Diyos ng gayong mga tao. Huwag na nilang ipahiya ang sarili nila! Gagawin ba ninyo ang parehong mga bagay sa ilalim ng katulad na mga sitwasyon at kondisyon? Kung magagawa ninyo, kung gayon ay katulad lang din nila kayo, isang grupo ng mga anticristo na determinadong kalabanin ang Diyos hanggang sa wakas, hindi titigil hanggang kamatayan, naghahanap ng mga bentaha at ebidensiya laban sa Diyos upang itanggi Siya, ang Kanyang diwa, at ang Kanyang pagkakakilanlan.

Kahit ano pa ang gawin ng Diyos, hindi Siya kailanman nagkakamali. Isinilang man Siya sa isang pangkaraniwan at ordinaryong kapaligiran at pinagmulan, o sa isang respetadong kapaligiran at pinagmulan, walang mali rito, at walang dahilan para makahanap ng kapintasan ang mga tao sa Kanya. Kung susubukan mong maghanap ng anumang kamalian o ebidensiya sa nagkatawang-taong laman ng Diyos para patunayang hindi Siya si Cristo o na wala Siyang diwa ng Diyos, sinasabi Ko sa iyo, huwag ka nang mag-abala, at huwag ka nang manampalataya. Umalis ka na lang—hindi ba’t hindi ka na maaabala kung gayon? Bakit mo pa pinapahirapan ang sarili mo? Ang subukang hanapan ng mali o ebidensiya si Cristo para akusahan, itanggi, o kondenahin Siya ay hindi ang lehitimo mong trabaho, tungkulin, o responsabilidad. Anumang pamilya ang pinagsilangan ni Cristo, ang kapaligiran kung saan Siya lumaki, o ang pagkataong taglay Niya, pinili ito mismo ng Diyos, ng Lumikha, at wala itong kinalaman kaninuman. Tama ang anumang gawin ng Diyos, ito ang katotohanan, at ginagawa ito para sa kapakanan ng sangkatauhan. Kung ipinanganak ang Diyos sa isang palasyo at hindi sa isang ordinaryong pamilya, ikaw ba, na isang karaniwang tao, isang aba na tao mula sa mababang antas ng lipunan, ay magkakaroon pa rin ng pagkakataon na makipag-ugnayan sa Diyos? Hindi ka magkakaroon ng pagkakataon. Kaya, may mali ba sa pagpili ng Diyos sa gayong paraan ng kapanganakan at paglaki? Pagmamahal ito na walang kapantay sa mundo; ito ang pinakapositibong bagay. Gayumpaman, nakikita ng mga anticristo ang pinakapositibong bagay na ginawa ng Diyos bilang tanda na madali Siyang apihin at paglaruan, at nais nilang patuloy Siyang bantayan at hanapan ng kapintasan. Ano ang binabantayan mo? Kung hindi mo man lang mapagkatiwalaan ang karakter at pagkatao ni Cristo, at sinusundan mo Siya bilang Diyos, hindi ba’t sinasampal mo lang ang sarili mo? Hindi ba’t pinapahirapan mo lang ang sarili mo? Bakit mo nilalaro ang larong ito? Masaya ba ito? Pagkatapos, napansin Ko na nagawang tratuhin nang tama ng karamihan sa mga taong tumanggap sa Makapangyarihang Diyos kalaunan

ang bagay na ito. Ang ilan ay mausisa noong nakipag-ugnayan sila sa Akin, pero iniwasan at hindi Ko pinapansin ang gayong mga tao. Kung matatanggap mo ang katotohanan, iisang pamilya tayo. Kung hindi mo kaya at palagi kang nagtatanong tungkol sa personal Kong impormasyon, umalis ka na. Hindi kita kinikilala; hindi tayo magkapamilya, kundi magkaaway. Kung, pagkatapos marinig ang napakaraming salita ng Diyos, at matanggap ang Kanyang gawain at pagpapastol sa loob ng maraming taon, nagkikimkim pa rin ang mga tao ng gayong mga kaisipan sa nagkatawang-taong laman ng Diyos at kumikilos pa nga ayon sa mga ito, masasabi talaga na may disposisyon ang mga taong ito na laban sa Diyos. Ipinanganak silang mga kaaway ng Diyos, hindi kayang tumanggap ng mga positibong bagay.

Dalawang libong taon na ang nakalipas, nagpakahirap si Pablo para labanan ang Panginoong Jesus, walang habas na inuusig, hinuhusgahan, at kinokondena Siya. Bakit? Dahil isinilang ang Panginoong Jesus sa isang karaniwang pamilya, isa Siyang pangkaraniwang miyembro ng populasyon, at hindi nakatanggap ng diumano'y edukasyon, epekto, o impluwensiya ng mga eskriba at mga Pariseo. Sa mata ni Pablo, hindi karapat-dapat ang gayong tao na matawag na Cristo. Bakit hindi? Dahil mababa ang Kanyang pagkakakilanlan, hindi mataas ang Kanyang posisyon sa lipunan, at miyembro Siya ng mababang uri sa lipunan ng tao, kaya hindi Siya karapat-dapat na matawag na Cristo o Anak ng buhay na Diyos. Dahil dito, naglakas-loob si Pablo na gawin ang lahat ng paraan para labanan ang Panginoong Jesus, gamit ang kanyang impluwensiya, karisma, at ang pamahalaan para kondenahin at labanan Siya, sirain ang Kanyang gawain, at arestuhin ang Kanyang mga tagasunod. Habang nilalabanan niya ang Panginoong Jesus, naniwala si Pablo na ipinagtatanggol niya ang gawain ng Diyos, na makatarungan ang mga kilos niya, at na kumakatawan siya sa isang makatarungang puwersa. Inakala niyang nilalabanan niya ang isang ordinaryong tao at hindi ang Diyos. Ito ay dahil mismo sa iniisip niya na mababa at hindi marangal ang pinagmulan ni Cristo kaya naglakas-loob siyang walang pakundangan at walang takot na husgahan at kondenahin si Cristo, at partikular na payapa at matatag ang pakiramdam ng puso niya tungkol sa mga kilos niya. Anong klaseng nilalang siya? Kahit na hindi niya napagtanto na ang Panginoong Jesus ang nagkatawang-taong laman ng Diyos o hindi niya nalaman na mula sa Diyos ang Kanyang mga sermon at salita, karapat-dapat ba ang gayong ordinaryong tao sa todo-todo niyang pag-atake? Karapat-dapat ba Siya sa ganitong uri ng mapaminsalang pagsalakay? Karapat-dapat ba Siya sa pag-iimbento ni Pablo ng mga tsismis at kasinungalingan para linlangin ang iba at makipagkompetensiya sa Kanya para sa mga tao? Hindi ba't walang basehan ang mga kasinungalingan ni Pablo? Mayroon bang alinman sa mga ginawa ng Panginoong Jesus na nakaapekto sa interes o katayuan ni Pablo? Wala. Nangaral at nagsermon ang Panginoong Jesus sa mga nasa mababang antas ng lipunan, at kasabay nito, maraming tao ang sumunod sa Kanya. Ganap na ibang mundo ito kumpara sa kapaligirang ginagalawan ng isang taong tulad ni Pablo, kaya bakit inusig ni Pablo ang Panginoong Jesus? Ang anticristong diwa niya ang

kumikilos. Naisip niya, “Gaano man kalalim, katama, o tinatanggap ang mga sermon mo, kung sasabihin kong hindi ka si cristo, hindi ka si cristo. Kung ayaw ko sa iyo, uusigin kita, walang pakundangan kitang aakusahan, at pagbabayaran kita.” Dahil ang mga bagay na tinataglay ni Cristo sa Kanyang normal na pagkatao ay hindi nakatugon sa mga hinihingi ni Pablo, at hindi ginawa o tinaglay nang naaayon sa mga kuru-kuro at imahinasyon ni Pablo, nagagawa ng mga anticristong tulad ni Pablo na walang pakundangang husgahan, itanggi, at kondenahin Siya. Ano ang nangyari sa huli? Pagkatapos siyang pabagsakin ng Panginoong Jesus, kinilala ni Pablo sa wakas, “Sino ka бага, panginoon?” Pagkatapos ay sinabi ng Panginoong Jesus, “Ako si Jesus, na nilalabanan mo.” Mula noon, hindi na naniwala si Pablo na isang ordinaryong tao si Jesus o isang taong hindi tulad ni Cristo dahil sa Kanyang mababang pinagmulan. Bakit? Dahil kayang bulagin ng liwanag ng Panginoong Jesus ang mga tao, mayroon Siyang awtoridad, at kayang hampasin ng Kanyang mga salita ang mga tao, at pabagsakin ang mga kaluluwa nila. Naisip ni Pablo, “Puwede ba talagang maging diyos ang taong ito na tinatawag na Jesus? Puwede nga kayang anak siya ng buhay na diyos? Kaya niyang hampasin ang mga tao, kaya tiyak na diyos siya. Pero may isang bagay lamang—hindi ang ordinaryong taong ito na tinatawag na cristo ang humahampas sa mga tao, kundi ang espiritu ng diyos. Kaya anuman ang mangyari, hangga’t tinatawag kang Jesus, hindi ako yuyukod sa iyo sa pagsamba. Sinasamba ko lamang ang diyos sa langit, ang espiritu ng diyos.” Pagkatapos mahampas, may naisip si Pablo. Bagaman isang masamang pangyayari ang paghampas sa kanya, napagtanto niya dahil dito na may natatanging pagkakakilanlan ang isang taong tinatawag na cristo, at na isang malaking karangalan ang maging cristo, at sinumang maging cristo ay puwedeng maging anak ng buhay na diyos, mapalapit sa diyos, at baguhin ang ugnayan niya sa diyos, ginagawang espesyal ang ordinaryong taong iyon, at ang pagkakakilanlan ng ordinaryong taong iyon ay nagiging anak ng diyos. Naisip niya, “Bagaman ikaw, Jesus, ay anak ng buhay na diyos, ano naman ang kahanga-hanga roon? Isang mahirap na karpintero ang ama mo, at isang pangkaraniwang maybahay ang iyong ina. Lumaki ka sa piling ng mga pangkaraniwang tao, at may mababang katayuan sa lipunan ang pamilya mo, at ikaw mismo ay walang espesyal na mga abilidad. Nakapangaral ka na ba sa isang templo? Kinikilala ka ba ng mga eskriba at Pariseo? Anong edukasyon ang natanggap mo? May mataas na antas ng kaalaman ba ang mga magulang mo? Wala ka ng alinman sa mga ito, pero anak ka pa rin ng buhay na diyos. Kung gayon, dahil may gayon akong mataas na antas ng kaalaman, at nakikisalamuha ako sa mga tao sa mataas na antas ng lipunan, at napakaintelektuwal, edukado, at may kilalang pinagmulan ang mga magulang ko, hindi ba’t madali para sa akin na maging cristo?” Ano ang ipinahiwatig niya? “Kung puwedeng maging cristo ang isang taong tulad ni Jesus, hindi ba’t ako, si Pablo, ay mas higit na may kapabilidad na maging cristo, anak ng buhay na diyos, dahil pambihira ako, karismatiko, maalam, at may mataas akong katayuan sa lipunan? Noong buhay pa si Jesus, nangangaral lang siya, nagbabasa ng mga kasulatan, nagpapalaganap ng daan ng pagsisisi, naglalakad

sa iba't ibang lugar, nagpapagaling ng mga maysakit, nagpapalayas ng mga demonyo, at gumagawa ng maraming tanda at kababalaghan. Iyon lang, hindi ba? Pagkatapos niyon, naging anak siya ng buhay na diyos at umakyat sa langit. Gaano ba kahirap iyon? Ako, si Pablo, ay puno ng kaalaman at may marangal na katayuan at pagkakakilanlan sa lipunan. Kung mas maglalakad ako sa gitna ng mga tao, tulad ng ginawa ni Jesus, kung mas magiging tanyag ako, makakakuha ng mas maraming tagasunod, at makikinabang ang mas maraming tao, at kung kaya kong tiisin ang mga paghihirap, magbayad ng halaga, ibaba ang katayuan ko sa lipunan, mangaral ng mas maraming sermon, gumawa ng mas maraming gawain, at makapagkamit ng mas maraming tao, hindi ba't magbabago ang pagkakakilanlan ko? Hindi ba't mula sa pagiging anak ng tao ay magiging anak ako ng diyos? Hindi ba't ang isang anak ng diyos ay cristo? Gaano ba kahirap ang maging cristo? Hindi ba't isang anak ng tao si cristo na isinilang ng tao? Kung naging cristo si Jesus, bakit ako, si Pablo, ay hindi kayang gawin iyon? Napakadali nito! Anuman ang ginawa ni Jesus, gagawin ko rin; anuman ang sinabi niya, sasabihin ko rin; paano man siya lumakad sa gitna ng mga tao, ganoon din ang gagawin ko. Hindi ba't magkakaroon ako ng pagkakakilanlan at katayuan na katulad ng kay Jesus? Hindi ba't matutugunan ko ang mga kondisyon para sang-ayunan ako ng diyos, tulad ng ginawa ni Jesus?" Samakatwid, hindi mahirap makita sa mga sulat ni Pablo ang kanyang pagkaunawa at pananaw sa pagkakakilanlan ni Jesus. Naniwala siya na isang ordinaryong tao ang Panginoong Jesus na, sa pamamagitan ng paggawa at pagbabayad ng halaga, at lalo na pagkatapos na ipako sa krus, nakamit ang pagsang-ayon ng Ama sa langit at naging Anak ng buhay na Diyos—na nagbago kalaunan ang Kanyang pagkakakilanlan. Kaya, sa isipan ng mga taong tulad ni Pablo, hindi nila kailanman kinikilala si Jesus bilang ang laman na isinusuot ng Diyos sa lupa, bilang ang nagkatawang-taong laman ng Diyos sa sangkatauhan. Hindi nila kailanman kinikilala ang diwa ni Cristo.

Katulad ni Pablo ang mga anticristo sa kasalukuyan. Una, pareho sila ng mga kaisipan, ambisyon, at pamamaraan, pati na rin ang isa pang bagay—ang katangian ng kahangalan. Saan nagmumula ang kahangalan nila? Nagmumula ito sa kanilang mga ambisyon at pagnanais. Kapag tinitingnan ng mga anticristo ang nagkatawang-taong laman ng Diyos, kahit saang anggulo, hindi nila nakikita ang diwa ng Diyos kay Cristo. Paano man nila tingnan, hindi nila makakamtan ang katotohanan mula rito o mauunawaan ang disposisyon ng Diyos. Paano man nila tingnan, palagi nilang iniisip na isang ordinaryong tao si Cristo. Iniisip nila na kung direktang bumaba mula sa langit si cristo para makita ng lahat, hindi siya magiging ordinaryo; iniisip nila na kung wala talagang pinagmulan o konteksto si cristo at bigla na lang lumitaw sa kalagitnaan ng mga tao, masyado iyong kakaiba at pambihira! Ang mga bagay na hindi maarok ng tao, na pambihira, ay mismong mga bagay na tumutugon sa mga ambisyon, pagnanais, at pagkamausisa ng mga anticristo. Mas gugustuhin nilang sundan ang ganoong cristo kaysa ang isang ordinaryong tao na kayang magpahayag ng katotohanan at magbigay sa kanila ng buhay. Dahil nga ipinanganak ng tao si Cristo, at talagang isa Siyang ordinaryong tao—isang normal,

praktikal na tao na hindi nakakakuha ng sapat na pansin o hindi nagsasalita sa paraang nagpapayanig ng langit at lupa—kaya kapag inoobserbahan Siya ng mga anticristo nang ilang panahon, iniisip nila na sadyang ganoon lang ang lahat ng ginagawa ni Cristo. Pagkatapos ibuod ang ilang pattern, nagsisimula na silang gayahin si Cristo. Ginagaya nila ang Kanyang tono, paraan ng pagsasalita, at intonasyon. Ginagaya pa nga ng iba ang mga partikular na salitang ginagamit Niya, pati na rin ang tunog ng Kanyang paghinga at pag-ubo. Itinatanong ng ilang tao, “Dahil ba sa kamangmangan ang panggagayang ito?” Hindi. Ano ang sanhi nito? Kapag nakikita ng mga anticristo ang isang ordinaryong tao gaya ni Cristo, na nagsasalita lamang ng ilang ordinaryong salita, na may napakaraming tagasunod at napakaraming tao na nagpapasakop sa Kanya, hindi ba’t may mga kaisipang lumilitaw sa kaibuturan ng puso nila tungkol sa usaping ito? Natutuwa ba sila para sa Diyos, nagiging masaya ba sila para sa Kanya, at pinupuri ba nila Siya, o naiinis, nagagalit, nagiging mapanlaban, naiinggit, at nagseselos ba sila? (Naiinggit at nagseselos.) Iniisip nila, “Paano ka naging diyos? Bakit hindi ako ang diyos? Ilang wika ang kaya mong salitain? Makakagawa ka ba ng mga tanda at kababalaghan? Ano ang maibibigay mo sa mga tao? Anong mga kaloob at talento ang taglay mo? Anong mga abilidad ang mayroon ka? Paano mo napasunod ang napakaraming tao? Kung sapat na ang mga abilidad mo para makakuha ng ganyan karaming tagasunod, kung gayon, sa mga abilidad ko, mas marami pa ang susunod sa akin.” Kaya, nais ng mga anticristo na ituon ang kanilang mga pagsisikap dito. Samakatwid, para sa kanila, lubos nilang sinasang-ayunan ang pananaw ni Pablo na kayang maabot ang pangarap na maging cristo.

Kapag sinasabi ng Diyos sa mga tao na maging responsableng mga tao at responsableng mga nilikha, may partikular na paghamak ang mga anticristo sa mga salitang ito, sinasabi nila, “Mabuti at tama ang lahat ng sinasabi ng diyos, pero mali ang hindi pagpapahintulot sa amin na maging cristo. Bakit hindi puwedeng maging cristo ang mga tao? Hindi ba’t isang tao lamang si cristo na may buhay ng diyos? Kaya, kung tatanggapin namin ang mga salita ng diyos, tatanggapin ang kanyang pagdidilig at pagpapastol, at magtataglay ng buhay ng diyos, hindi ba’t puwede rin kaming maging cristo? Isa kang ordinaryong taong ipinanganak ng mga tao, at ganoon din kami. Sa anong batayan puwede kang maging cristo, pero kami ay hindi? Hindi ba’t naging cristo ka lang sa kalaunan ng buhay mo? Kung magdurusa kami at magbabayad ng halaga, magbabasa pa ng mga salita ng diyos, magtataglay ng buhay ng diyos, magsasalita ng mga salitang katulad ng sinasabi ng diyos, gagawa ng gustong gawin ng diyos, at gagaya sa diyos, hindi ba’t puwede rin kaming maging cristo? Ano naman ang mahirap doon?” Hindi masaya ang mga anticristo na sumunod kay Cristo at maging mga ordinaryong tagasunod ni Cristo, o maging mga nilikha sa ilalim ng kapamahalaan ng Lumikha. Itinutulak sila ng kanilang mga pagnanais at ambisyon: “Huwag maging ordinaryong tao. Isang pagpapamalas ng kawalan ng kahusayan ang pagsunod at pagtalima kay cristo sa bawat pagkakataon. Higit pa sa mga salita ni cristo at mga pangako ng diyos, dapat kang magkaroon ng mas mataas na mga hangarin, tulad ng pagsusumikap

na maging anak ng diyos, ang panganay na anak, si cristo mismo, na magamit nang husto ng diyos, o na maging isang haligi sa kaharian ng diyos. Napakadakila at nakapagbibigay ng inspirasyon ang mga layong iyon!” Ano ang palagay mo sa mga ideyang ito? Karapat-dapat bang itaguyod ang mga ito? Dapat bang taglayin ng mga normal na tao ang mga ito? (Hindi.) Dahil mismo may ganitong uri ng pagkaunawa sa pagkakakilanlan at diwa ni Cristo ang mga anticristo, kaya hindi nila sineseryoso ang kanilang mga salita at kilos ng paglaban, paghatol, panunukso, pagtangga, at pagkondena kay Cristo. Iniisip nila, “Ano ang nakakatakot sa paghatol sa isang tao? Tao ka lang, hindi ba? Inaamin mong isa kang tao, kaya ano ang mali kung hahatulan, susuriin, o kokondenahin kita? Ano ang mali kung babantayan o pag-aaralan kita? Kalayaan kong gawin ang mga bagay na ito!” Hindi nila ito nakikita bilang paglaban sa Diyos o pagsalungat sa Kanya, na isang napakamapanganib na pananaw. Kaya, maraming anticristo ang lumaban kay Cristo sa ganitong paraan sa loob ng 20 o 30 taon, palaging nakikipagkompetensiya sa Kanya sa puso nila. Sasabihin Ko sa iyo ang katotohanan—ang ginagawa mo ay kalayaan mo, pero kung bilang isang tagasunod ng Diyos, tinatrato mo ang nagkatawang-taong laman ng Diyos nang napakawalang-habas, isang bagay ang tiyak: Hindi mo pinapahirapan ang isang tao, lantaran mong nilalabanan at sinasalungat ang Diyos—tinututulan mo ang Diyos. Anumang may kinalaman sa diwa, disposisyon, mga kilos ng Diyos, at lalo na sa nagkatawang-taong laman ng Diyos, ay may kaugnayan sa mga atas administratibo. Kung tinatrato mo si Cristo nang napakawalang-habas, at hinahatulan at kinokondena Siya nang napakawalang-habas, sasabihin Ko sa iyo, nakatakda na ang kalalabasan mo. Huwag asahang ililigtas ka ng Diyos. Hindi maililigtas ng Diyos ang isang taong lantaran Siyang nilalabanan at walang habas Siyang tinututulan. Kaaway ng Diyos ang gayong tao, isa siyang Satanas at diyablo, at hindi siya ililigtas ng Diyos. Magmadali ka at pumunta sa kung sinuman sa palagay mo ang makakapagligtas sa iyo. Hindi ka pipigilan ng sambahayan ng Diyos; bukas na bukas ang mga pinto nito. Kung sa palagay mo na si Pablo ang makakapagligtas sa iyo, pumunta ka sa kanya; kung sa palagay mo na isang pastor ang makakapagligtas sa iyo, pumunta ka sa kanya. Pero isang bagay ang tiyak: hindi ka ililigtas ng Diyos. Ang ginagawa mo ay kalayaan mo, pero kung ililigtas ka ng Diyos ay kalayaan Niya, at Siya ang may huling pasya. May ganitong kapangyarihan ba ang Diyos? May ganitong dignidad ba Siya? (Oo.) Namumuhay kasama ng mga tao ang nagkatawang-taong Diyos, nagpapatotoo Siya na Siya si Cristo, na pumarito upang gawin ang gawain ng mga huling araw. Kinikilala ng ilang tao ang diwa ng Diyos at sumusunod sila sa Kanya nang buong puso, at itinuturing nila Siya at nagpapasakop sila sa Kanya bilang Diyos. May iba na gustong matigas na labanan Siya hanggang sa huli: “Kahit gaano karaming tao ang naniniwala na si cristo ka, hindi ako maniniwala. Kahit ano pa ang sabihin mo, hindi kita buong-pusong kikilalanin bilang diyos. Kapag nakita ko lang na tunay na nagsalita ang diyos at nagpapatotoo siya tungkol sa iyo, kapag personal na sinabi sa akin ng diyos sa langit nang may dumadagundong na tinig, ‘Ito ang aking nagkatawang-taong

laman, ang aking minamahal, ang aking mahal na anak,' saka ko lang kikilalanin at tatanggapin ka bilang diyos. Kapag personal kong narinig at nakita ang diyos sa langit na nagsasalita at nagpapatotoo tungkol sa iyo, saka lang kita tatanggapin; kung hindi, imposible ito!" Hindi ba't mga anticristo ang gayong mga tao? Kapag dumating na nga ang araw na iyon, kahit na kilalanin pa nila si Cristo bilang Diyos, iyon na ang araw ng kaparusahan nila. Nilabanan nila ang Diyos, tumutol sila sa Kanya, at mapanlaban sila sa Kanya sa bawat pagkakataon—puwede bang mabura ang mga kilos na ito nang basta ganoon lang? (Hindi.) Kaya, may isang pahayag dito na totoo, na gaganti ang Diyos sa bawat tao ayon sa mga gawa nila. Hindi lang makakaranas ng ganting-parusa ang mga taong ito, kundi hindi rin nila kailanman maririnig ang Diyos na personal silang kakausapin. Nararapat ba ito sa kanila? Nais ng Diyos na magpatotoo para sa Kanyang sarili sa mga tao, para magpakita sa mga tao at sa mga tunay na nilikha, ihayag ang Kanyang tunay na persona, at magsalita at magpahayag ng mga salita. Hindi Siya nagpapakita sa mga diyablo, o nagsasalita at nagbibigkas ng mga salita sa kanila. Kaya, hindi kailanman magkakaroon ng pagkakataon ang mga anticristo na makita ang tunay na persona ng Diyos o marinig ng sarili nilang tainga ang Kanyang mga salita at pagbigkas. Hindi sila kailanman magkakaroon ng ganitong pagkakataon. Kung gayon, mahihirapan ba sila sa hinaharap? (Oo.) Bakit? Ang mga anticristo, ang mga walang-kahihiyang nilalang na ito, ay lumalaban sa Diyos at tumututol sa Kanya sa bawat pagkakataon, at hinahamak, kinokondena, at kinukutya nila ang lahat ng Kanyang ginagawa. Kaya, paano sila tatratuhin ng Diyos? Tatratuhin ba Niya sila nang mabuti at patatawarin sila? Pagpapalain ba Niya sila? Ibibigay ba Niya sa kanila ang Kanyang pangako? Ililigtas ba Niya sila? Sa praktikal na pananalita, makakatanggap ba ang gayong mga tao ng kaliwanagan at gabay ng Diyos? Sa buhay na ito, hindi nila matatanggap ang kaliwanagan at pagtanglaw ng Diyos, o ang Kanyang pagtutuwid at pagdidisiplina, o ang Kanyang pagtutustos para sa kanilang buhay. Hindi sila maliligtas, at sa mundong darating, magbabayad sila ng mabigat na halaga para sa kanilang masasamang gawa, magpakailanman. Ito ang kanilang kalalabasan. Katulad ng kay Pablo ang kalalabasan ng mga anticristo.

B. Kung Paano Tinatrato ng mga Anticristo ang Pagiging Normal at Praktikal ni Cristo

Kanina lang, pinagbahaginan at hinimay natin ang unang pagpapamalas ng mga anticristo sa pagtangga sa diwa ni Cristo, na kung paano tinatrato ng mga anticristo ang pinagmulan ni Cristo, kung anong mga pananaw at pagkaunawa ang kinikimkim nila, at kung ano ang mga ikinikilos nila. Hinimay natin ang iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo para matukoy ang diwa ng mga gayong tao. Tungkol naman sa isa pang aspekto ni Cristo—ang Kanyang pagiging normal at praktikal, anong mga pananaw ang pinanghahawakan ng mga anticristo, anong mga ikinikilos nila, at anong mga disposisyon at diwa ang ipinapakita nila? Susunod, hihimayin natin ang ikalawang

pagpapamalas ng mga anticristo sa pagtanggì sa diwa ni Cristo, na kung paano tinatrato ng mga anticristo ang pagiging normal at praktikal ni Cristo. Pagdating sa pagiging normal at praktikal, dapat na may mga partikular na ideya at pagkaunawa ang karamihan sa mga tao. Halimbawa, ang hindi pag-inom ng tubig o hindi pagkain sa loob ng tatlong araw, pero hindi nakakaramdam ng gutom o uhaw, sa katunayan ay mas malakas ang pakiramdam ng katawan at mas masigla pa kaysa dati—maituturing ba itong pagiging normal at praktikal? Nakakaramdam ng pagod ang mga normal na tao pagkatapos maglakad ng apat o limang kilometro; kung hindi nakakaramdam ng pagod si Cristo kahit pagkatapos Niyang maglakad ng 40 kilometro, at hindi sumasakit ang Kanyang mga paa, at pakiramdam pa Niya ay mas magaan Siya kaysa sa hangin, at mas masigla ang pakiramdam Niya, maituturing ba ito na pagiging normal at praktikal? Kung hindi sinisipon si Cristo kapag nalantad sa lamig, at hindi nagkakasakit sa anumang sitwasyon, kung makakapaglabas ng liwanag ang Kanyang mga mata na mas malakas nang ilang dosenang beses kaysa sa anumang malakas na ilaw na nasisilayan ng Kanyang mga mata, at hindi napapagod o hindi nanlalabo ang Kanyang paningin kahit gaano katagal Siyang nakatingin sa kompiyuter, kung hindi Siya nasisilaw kahit gaano katagal Niyang tinititigan ang araw, at hindi Niya kailangan ng plaslayt kapag naglalakad sa gabi, samantalang kailangan ito ng iba, at lalong lumilinaw ang Kanyang mga mata habang lumilipas ang maghapon—maituturing ba ang mga ito na pagiging normal at praktikal? Hindi, karaniwang kaalaman ito na madalas nakakaharap ng mga tao. Ang pagiging normal at praktikal ay nangangahulugan ng pagkaramdam ng uhaw pagkatapos hindi uminom ng tubig nang matagal, pagkaramdam ng pagod pagkatapos magsalita nang matagal, pagkaramdam ng pananakit ng paa pagkatapos maglakad nang matagal, at pagkaramdam ng lungkot at pagluha kapag nakarinig ng malungkot at nakakadurog ng puso na balita—pagiging normal at praktikal ito. Kaya, ano mismo ang tumpak na kahulugan ng pagiging normal at praktikal? Ang mga bagay na umaayon sa mga normal na pangangailangan at likas na gawi ng laman, at hindi lumalampas sa saklaw na ito, ang kahulugan ng pagiging normal at praktikal. Ang mga umaayon sa mga kapabilidad at saklaw ng normal na pagkatao, ang pagiging makatwiran ng normal na pagkatao, at ang mga emosyon ng normal na pagkatao, tulad ng kaligayahan, galit, kalungkutan, at saya, ay sakop ng pagiging normal at praktikal. Si Cristo ang laman na isinusuot ng Diyos sa lupa; Siya, tulad ng sinumang normal na tao, ay may normal na pananalita at pag-uugali, isang normal na gawi ng pamumuhay at iskedyul. Kung hindi Siya matutulog sa loob ng tatlong araw at gabi, makakaramdam Siya ng antok at gusto Niyang matulog kahit na nakatayo; kung hindi Siya kakain maghapon, makakaramdam Siya ng gutom; at kung maglalakad Siya nang matagal, mapapagod Siya at gugustuhin Niyang magpahinga agad. Halimbawa, napapagod din Ako pagkatapos makipagtipon at makipagbahaginan sa inyo nang tatlo o apat na oras, at kailangan Ko ring magpahinga. Ito ang pagiging normal at praktikal ng laman, ganap na naaayon ito sa mga katangian ng laman at sa iba't ibang pagpapamalas at likas na gawi ng normal na pagkatao,

hinding-hindi ito mahiwaga. Samakatwid, maraming pagpapamalas at pagbubunyag ng pagkatao ang gayong laman, at ang panlabas na pamumuhay at pang-araw-araw na gawain ng pagkatao ng laman na ito ay walang pagkakaiba sa ipinapamalas at ibinubunyag ng bawat ordinaryo at normal na tao, magkaparehong-magkapareho ang mga ito. Nilikha ng Diyos ang sangkatauhan, at nagtataglay ang nagkatawang-taong laman ng Diyos ng parehong mga katangian at mga likas na gawi sa buhay na normal at praktikal na katulad ng sa sangkatauhan, hindi talaga Siya mahiwaga. Hindi kayang tumagos sa mga pader o saradong pinto ang mga tao, at ganoon din ang nagkatawang-taong Diyos. Sinasabi ng ilang tao, “Hindi ba’t ikaw ang nagkatawang-taong diyos? Hindi ba’t ikaw si cristo? Hindi ba’t nagtataglay ka ng diwa ng diyos? Puwede ka ba talagang hadlangan ng isang nakakandadong pinto? Dapat kaya mong tumagos sa mga saradong pinto. Nakakaramdam ng pagod ang mga tao pagkatapos maglakad ng limang kilometro, pero hindi ka dapat mapagod kahit na maglakad ka ng 40 kilometro; kumakain ang mga tao nang tatlong beses sa isang araw, pero dapat kaya mong hindi kumain ng 30 araw, kakain ka lang kapag gusto mo, at hindi ka kakain kapag ayaw mo, at kaya mo pa ring mangaral sa mga pagtitipon, at mamuhay nang mas masigla kaysa sa iba. Bahagi ng buhay ng tao ang pagkakasakit, pero hindi ka dapat magkasakit. Dahil ikaw si cristo, dapat may bahagi ka na naiiba sa mga ordinaryong tao, saka ka lang magiging karapat-dapat na tawaging cristo, tanging ito ang magpapatunay na nagtataglay ka ng diwa ng diyos.” Tama ba ito? (Hindi.) Bakit mali ito? Mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao ang mga ito, hindi ang katotohanan.

Normal at praktikal ang nagkatawang-taong laman ng Diyos—lahat ng aktibidad na isinasagawa ng Kanyang normal na pagkatao, at ang Kanyang pang-araw-araw na buhay, pananalita, at kilos, ay pawang realidad ng mga positibong bagay. Mula sa simula nang likhain ng Diyos ang mga tao, pinagkalooban Niya sila ng mga normal, praktikal na likas na gawi; kaya hindi rin kailanman lalabag sa mga batas na ito ang nagkatawang-taong laman ng Diyos. Ito ang dahilan at batayan kung bakit mga positibong bagay ang pagiging normal at praktikal ni Cristo. Nilikha ng Diyos ang sangkatauhan, at ginawa ang lahat ng kanilang pagpapamalas at likas na gawi ayon sa Kanyang kagustuhan. Ibinigay ng Diyos sa tao ang mga likas na gawing ito, at ito ang mga batas ng pang-araw-araw na buhay ng tao—ipapalabag ba ng Diyos sa Kanyang nagkatawang-taong laman ang mga batas na ito ng pagiging normal at praktikal? Malinaw na hindi. Nilikha ng Diyos ang sangkatauhan, at ang diwa ng nagkatawang-taong laman ay ang Diyos din—nagmula Sila sa iisang pinagmulan, kaya magkapareho rin ang mga prinsipyo at layon ng Kanilang mga kilos. Dahil sa mga pagpapamalas ng pagiging normal at praktikal ni Cristo, natural Siyang nagmumukhang isang lubos na ordinaryong tao sa mata ng masa. Sa maraming bagay, wala Siyang mga kapangyarihan ng pag-alam at pagkaunawa sa hinaharap na iniisip ng mga tao na taglay Niya, at hindi Niya kayang magpalaho o magpalitaw ng mga bagay, gaya ng iniisip ng mga tao, at lalong hindi Niya kayang higitan ang mga ordinaryong tao, lagpasan ang mga kapabilidad at likas na gawi ng laman, o

lagpasan ang normal na pag-iisip ng mga tao para gawin ang ilang bagay na walang sinumang tao ang makakagawa, tulad ng iniisip ng mga tao. Salungat sa mga imahinasyong ito, sa paningin ng tao, hindi nagbunyag o nagpamalas ang ordinaryong tao na ito ng anumang bakas ng Diyos mula sa simula ng Kanyang gawain hanggang sa kasalukuyan. Sa paningin ng tao, maliban sa Kanyang pananalita at paggawa, walang bakas ng Diyos o mga pagbubunyag ng pagkakakilanlan at diwa ng Diyos ang puwedeng makita sa alinman sa Kanyang mga normal na aktibidad ng tao. Paano man Siya tingnan ng mga tao, palagi Siyang nagmumukhang isang ordinaryong tao sa kanila. Bakit? lisa ang dahilan: Tama ang nakikita ng tao; ang nagkatawang-taong laman ng Diyos ay tunay na isang normal at praktikal na tao, isang normal, praktikal na laman. Nakakaranas ang gayong panlabas na normal at praktikal na laman ng pang-uusig at pagtugis ng malaking pulang dragon tulad ng ibang tao, nang walang lugar na mapagpapahingahan ng Kanyang ulo, o anumang lugar para makapagpahinga. Dito, wala Siyang pagkakaiba sa ibang tao, at hindi Siya eksepsiyon. Habang nararanasan ang gayong pang-uusig, nagtatago rin Siya kung saan Siya makakapagtago; hindi Niya kayang gawing di-nakikita ang Kanyang sarili o magtago sa ilalim ng lupa, wala Siyang mga mahiwagang kapangyarihan para maiwasan ang mga panganib na ito. Ang tanging magagawa Niya ay kumuha ng impormasyon tungkol sa mga ito nang maaga, at pagkatapos ay magmadaling tumakas. Kapag nahaharap sa mga mapanganib na sitwasyon, kinakabahan at natatakot ang mga tao, sa palagay ninyo ba natatakot si Cristo? Sa palagay ninyo ba kinakabahan Siya? (Oo.) Tama kayo; paano ninyo nalaman? (Kakabahan ang sinumang normal na tao sa sitwasyong iyon.) Tama iyan. Napakaganda ng paliwanag ninyo. Tunay ninyong nauunawaan ang pagiging normal at praktikal, ganap ninyo itong naunawaan. Kakabahan at matatakot din si Cristo sa mga ganitong sitwasyon, pero magpapakita ba Siya ng karuwagan? Masisindak ba Siya sa naghaharing partido? Makikipagkompromiso ba Siya rito? Hindi. Kakabahan at matatakot lang Siya, at nanaisin Niyang mabilis na makatakas mula sa pugad na ito ng mga demonyo. Mga pagpapamalas ang lahat ng ito ng pagiging normal at praktikal ni Cristo. Siyempre, marami-rami pang mga pagpapamalas ng pagiging normal at praktikal ni Cristo, tulad ng pagiging makakalimutin minsan, pagkalimot sa pangalan ng mga tao matapos silang hindi makita nang matagal, at iba pa. Ang pagiging normal at praktikal ay simpleng mga katangian, likas na gawi, tanda, at palatandaan ng isang normal, ordinaryong tao. Dahil mismo si Cristo ay may normal, praktikal na pagkatao, mga likas na gawi sa pananatiling buhay, at lahat ng katangian ng laman kaya nagagawa Niyang magsalita at gumawa nang normal, makipag-ugnayan sa mga tao nang normal, pamunuan ang mga tao sa isang normal at praktikal na paraan, at gabayan at tulungan ang mga tao sa pagtupad ng mga tungkulin nila sa isang normal at praktikal na paraan. Dahil mismo sa pagiging normal at praktikal ni Cristo kaya lahat ng nilikhang tao ay higit na nakakaramdam ng pagiging praktikal ng gawain ng Diyos, nakikinabang mula sa gawaing ito, at nakakatanggap ng mas maraming kongkreto at kapaki-pakinabang na

mga nakakamit mula rito. Mga tanda ng normal na pagkatao ang pagiging normal at praktikal ni Cristo, kinakailangan ang mga ito para ang Kanyang nagkatawang-taong laman ay makabahagi sa lahat ng normal na gawain, aktibidad, at buhay ng tao, at higit pa rito, mga bagay ito na kailangan ng lahat ng sumusunod sa Diyos. Gayumpaman, hindi nauunawaan ng mga anticristo ang pagiging normal at praktikal ni Cristo sa ganitong paraan. Naniniwala ang mga anticristo na isang ordinaryong tao lang si Cristo dahil normal at praktikal Siya, at masyadong katulad ng tao—na nangangahulugang hindi Siya karapat-dapat tawaging anak ng diyos, ang pagsasakatawan ng diyos sa mga tao, o si cristo, dahil masyado Siyang normal at praktikal, praktikal hanggang sa puntong hindi nakikita ng mga tao ang anumang bakas o diwa ng diyos sa Kanya. Sinasabi ng mga anticristo, “Makakapagligtas ba ng tao ang gayong diyos? Karapat-dapat ba ang gayong diyos na matawag na cristo? Masyadong hindi katulad ng diyos ang diyos na ito! Wala siyang ilang elemento ng kuru-kuro ng tao sa diyos: una, ang pagiging mahiwaga, pambihira, at misteryoso; ikalawa, ang pagkakaroon ng mga mahiwagang kapangyarihan, at kakayahang magpakita ng makapangyarihang lakas; ikatlo, isang hitsura na katulad ng sa diyos, na may taglay na pagkakakilanlan, dignidad, at diwa ng diyos, at iba pa. Kung wala sa mga elementong ito ang makikita sa kanya, paano siya magiging diyos? Ang kanyang pagsasalita ba ng ilang salita at paggawa ng kaunting gawain ay nangangahulugang diyos siya? Kung gayon, napakadali namang maging diyos, hindi ba? Paano magiging diyos ang isang ordinaryo, normal na laman?” Isang bagay ito na hindi kailanman matatanggap ng mga anticristo.

Habang nakakaranas ng pang-uusig ng malaking pulang dragon sa mainland Tsina, Ako, kasama ang ilang kapatid, ay madalas na kailangang magtago saanman kami magpunta, walang anumang personal na kalayaan. Minsan, kapag nakarinig kami ng balita ng panganib, kailangan naming tumakbo nang mabilis. Sa mga ganitong kalagayan, walang nanghina sa mga kasama Ko. Ano ang dahilan nito? Hangal ba sila? Mapurol ba ang utak nila? Hindi, ito ay dahil matatag nilang nakilala ang diwa ng Diyos na nagkatawang-tao. Hindi lang sila walang kuru-kuro o pagkondena sa pagiging normal at praktikal ni Cristo, kundi nagpapakita rin sila ng pagsasaalang-alang at pag-unawa sa mga katangiang ito, at naarok nila ang mga ito sa tamang paraan. Anuman ang paghihirap na tiniis ni Cristo, tiniis nila ito kasama Niya, at kahit anong pang-uusig at pagtugis ang naranasan ni Cristo, patuloy pa rin silang sumusunod sa Kanya nang walang reklamo, hindi kailanman nanghina dahil sa mga sitwasyong ito. Noong nagpunta lang Ako sa ilang lugar, na may ilang indibidwal na—alam na tumakas Ako nang madalian para maiwasan ang mga mapanganib na kapaligiran, at na maaaring wala Akong mapuntahan, o maaaring wala na Akong mahahanap na ibang lugar na mapupuntahan para mapagpahingahan—iniisip na: “Hmph! Sinasabi mong ikaw si cristo, ang nagkatawang-taong laman ng diyos, pero tingnan mo ang kaawa-awa mong kalagayan ngayon. Paano ka naging karapat-dapat na maging cristo? Sa anong paraan ka mukhang diyos? Iniisip mong makapagliligtas ka ng iba? Dapat magmadali ka munang iligtas ang sarili mo! Magdadala ba ng mga

pagpapala ang pagsunod sa iyo? Mukhang imposible iyon! Kung makakapagligtas ng iba ang mga salita mo, bakit hindi ka mailigtas ng mga ito? Tingnan mo nga ang sarili mo ngayon, wala ka man lang lugar na mapagpapahingahan ng ulo mo, at kailangan mo pang humingi ng tulong sa aming mga tao, sa mga makapangyarihang tao. Kung diyos ka, hindi ka dapat maging masyadong kahabag-habag. Kung ikaw ang nagkatawang-taong laman ng diyos, hindi ka dapat mawalan ng tahanan!” Kaya hindi kailanman maunawaan ng mga taong ito ang usaping ito. Kung makikita nila isang araw na ipinapalaganap sa ibang bansa ang ebanghelyo ng kaharian, na maraming tao sa iba’t ibang bansa ang tumatanggap nito, at makikita nila na bumagsak na ang malaking pulang dragon, na naglalakad na nang may kumpiyansa ang mga tagasunod ng Diyos, at hindi na inuusig, at namumuno at gumagamit ang mga ito ng kapangyarihan nang walang sinumang nangangahas na apihin ang mga ito, tiyak na ganap nilang babaguhin ang tipikal nilang saloobin, at hindi na sila magkikimkim ng anumang kuru-kuro tungkol sa paghahari ng Diyos sa laman. Bakit magkakaroon ng biglaang pagbabago? Umaasa lang ang mga indibidwal na ito sa kung ano ang nakikita ng mga mata nila; hindi sila naniniwala na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan, na Siya ang makapangyarihan sa lahat, o na magaganap ang lahat ng Kanyang sinasabi. Naniniwala ba sa Diyos ang mga gayong tao? Ano ang pinaniniwalaan nila? (Kapangyarihan.) May kapangyarihan ba si Cristo? Sa tiwaling sangkatauhan, walang kapangyarihan si Cristo. Sinasabi ng ilang tao, “Hindi ba’t may awtoridad ang diyos? Kung diyos ang diwa ni cristo, bakit wala siyang taglay na awtoridad ng diyos? Mas higit ang awtoridad kaysa sa kapangyarihan, kaya hindi ba’t dapat mayroon din siyang kapangyarihan?” Ano ang layon ng gawain ng Diyos na nagkatawang-tao? Ano ang responsabilidad ng Diyos na nagkatawang-tao? Ito ba ay para magpakitang-gilas ng kapangyarihan? (Hindi.) Samakatwid, tulad ng sinumang normal na tao, nararanasan Niya ang pagtanggì, pang-iinsulto, paninirang-puri, at pagkamapanlaban mula sa mundong ito—dapat tiisin ni Cristo ang lahat ng ito, hindi Siya liban sa mga ito.

Ang mga tunay na naghahangad sa katotohanan ay hindi lamang walang kuru-kuro tungkol sa pagiging normal at praktikal ni Cristo—sa kabaligtaran, mas nakikita pa nila ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos sa mga katangiang ito, at mas nauunawaan nila ang tunay na diwa ng Diyos at ang tunay na diwa ng Lumikha sa pamamagitan ng mga ito. Nagiging mas malalim, mas praktikal, mas tunay, at mas tumpak ang pagkaunawa nila sa Diyos. Sa kabaligtaran, madalas na ayaw ng mga anticristo na sundan ang ganitong Cristo dahil sa lahat ng Kanyang pagiging normal at praktikal, iniisip nila na wala Siyang mga mahiwagang abilidad at hindi Siya namumukod-tangi sa mga ordinaryong tao, at higit pa rito, nakakaranas Siya ng mga kalagayan ng pamumuhay na katulad ng sa sangkatauhan. Ang mga anticristo ay hindi lamang hindi kayang tanggapin ito nang maluwag sa kalooban, at hindi kayang maunawaan ang disposisyon ng Diyos mula rito, kinokondena rin nila ito at nagbabantay sila laban dito, at higit pa rito ay nag-aakusa sila tungkol dito. Halimbawa, kapag may isang tao na gumawa ng isang bagay na labag sa

mga prinsipyo, kung hindi Ako magtatanong tungkol dito at walang magsasabi sa Akin tungkol dito, hindi Ko ito malalaman—hindi ba’t isa itong pagpapamalas na nasa saklaw ng pagiging normal at praktikal? (Oo.) Ipapaliwanag sa Akin nang malinaw at detalyado ng mga taong may tamang pagkaunawa at normal na pagkatao ang usaping ito, at pagkatapos ay hahayaan nila Akong pangasiwaan ang mga ito nang ayon sa nakikita Kong nararapat. Kabaligtaran ang ginagawa ng mga anticristo; pinagmamasdan nila Ako gamit ang kanilang mga mata, at sinusubok nila Ako sa pamamagitan ng pag-uusisa sa Akin. Pagkatapos, iniisip nila, “Dahil hindi mo alam ang tungkol sa usaping ito, madali tuloy itong pangasiwaan—may plano ako para pangasiwaan ka sakaling alam mo ang tungkol dito, at may isa pa akong plano para pangasiwaan ka sakaling hindi mo alam; para sa isang malaking isyu, pagmumukhain ko itong maliit na isyu, at pagkatapos ay pagmumukhain ko itong ganap na walang halaga, para tuluyan kang walang malaman, at hahayaan kong lumipas na lang ang usaping ito—dahil hindi mo alam ang isyung ito, hindi mo na kailangan o kinakailangang malaman ito sa hinaharap. Ako na ang bahala rito. Kapag nalaman mo ito balang araw, nangyari na ito ayon sa plano ko, at ano ang magagawa mo sa akin sa oras na iyon?” Aling mga tao ang tumuturing kay Cristo sa ganitong paraan? Mabubuting tao ba sila? Mga tao ba silang naghahangad sa katotohanan? May taglay ba silang pagkatao at integridad? (Wala.) May ilang lider na gumawa ng ilang bagay; inangat nila ang mga indibidwal sa iglesia nang arbitraryo, nilustay nila ang mga handog, at bumili nang labis-labis at nang walang ingat, at kahit gaano kalaki ang perang nagastos, o kahit anong mahahalagang isyu ang lumitaw, wala silang sinabing ni isang salita tungkol dito. Pumunta Ako roon nang maraming beses, at hindi nila Ako kinonsulta o tinanong tungkol sa mga bagay na ito kailanman, sila-sila na lang ang nagdesisyon; hindi rin nila Ako hinayaang magsagawa ng anumang pagbeberipika, at kinailangan Kong usisain ang impormasyon sa kanila. Itinuring nila Ako na parang isang tagalabas: “Dahil narito ka, mag-uulat na lang kami at sasabihin sa iyo ang tungkol sa mga nakikita mo sa harap mo. Tungkol naman sa mga bagay na ginawa namin habang nakatalikod ka, mas mabuting huwag mo nang subukang alamin ang alinman sa mga iyon. Hindi ka namin papayagang makialam o magtanong.” Kahit ilang beses Akong bumisita, hindi nila Ako kailanman hinayaang magtanong. Dahil sa takot na magsimula Akong magtanong, sinadya nilang itago ang katotohanan sa pamamagitan ng mga huwad na salitang magandang pakinggan, nagsasagawa sila ng panlalansi. Nagsabwatan sila, nagkasundo, at nagpalitan ng makahulugang tingin sa isa’t isa; nanatili silang nagkakaisa, at hindi nila iniulat ang mga problema ng bawat isa, pinoprotektahan nila ang isa’t isa. Nang nalaman Ko ang mga bagay na ginagawa nila kapag nakatalikod Ako at ginusto Ko silang papanagutin, patuloy nilang pinrotektahan ang isa’t isa, hindi sinasabi kung sino ang may pananagutan, nagpapanggap na walang alam, at ang labo nilang kausap. Anong pagkakamali ang nagawa nila? Inisip nila, “Bukod sa kanyang normal, simpleng pag-iisip, at ordinaryo, normal na pagkatao, si cristo—ang ordinaryong tao na ito—ay walang anumang bagay na maipagmamalaki, at

wala siyang mga mahiwagang kapangyarihan. Kung gayon, puwede kaming gumawa ng ilang maliit na hakbang habang nakatalikod ka, at panatag naming gagawin ang sarili naming mga proyekto. Kontrolado namin ang pera ng iglesia, kaya bibilhin namin ang kahit anong gusto namin. Hindi na namin kailangang sumangguni kapag kailangan ng pirma, puwede naming pirmahan na lang nang arbitraryo ang mga pagbili, nang hindi na ito kailangan pang suriin, at puwede kaming gumastos ng pera nang basta-basta. Hindi ba't diyos si cristo? Kaya mo bang kontrolin ang mga bagay na ito? Gagawin namin ang gusto namin; bukod sa mga oras na nariyan ka, sa natitirang panahon ay sakop namin ito!" Paano nila itinuring ang pagiging normal at praktikal ni Cristo? Hindi ba't itinuring nila Siya bilang isang taong madaling apihin? Inisip nila, "Hangga't may normal kang pagkatao, hindi kami natatakot na apihin ka. Kung wala kang mahiwagang pagkatao, hindi kami natatakot sa iyo." Anong klaseng mga tao sila? Kung huhusgahan batay sa pagkatao nila, maikokonsidera ba silang mabubuting tao? Maikokonsidera ba na mga tao silang may moralidad at pagkatao? Maikokonsidera ba silang mga tao na may marangal na integridad? Ano ba talaga sila? Hindi ba't isang grupo sila ng mga imoral? Sino ang kinakatawan ng mga taong ito noong gumawa sila sa sambahayan ng Diyos? Hindi man lang nila kinatawan ang tao, kundi kinatawan nila si Satanas. Gumawa sila ng mga bagay para kay Satanas, mga alipin at kasabwat sila nito; narito sila para guluhin at wasakin ang gawain ng sambahayan ng Diyos, hindi nila ginagampanan ang mga tungkulin nila kundi gumagawa sila ng kasamaan. Paano naiiba sa malaking pulang dragon ang grupong ito ng mga kasabwat ni Satanas na dumadakip, umuusig, at umaabuso sa hinirang na mga tao ng Diyos? Nakikita ng malaking pulang dragon na isang ordinaryong tao lang ang nagkatawang-taong laman ng Diyos, na hindi talaga Siya nakakatakot, kaya arbitraryo nitong tinatangkang dakpin Siya, at kapag nadakip na Siya nito, susubukan nitong patayin Siya. Hindi ba't ganito rin ang pagturing ng mga kasabwat ni Satanas na ito, ng mga anticristong ito, kay Cristo? Hindi ba't pareho ang diwa nila? (Oo.) Ano ang turing nila kay Cristo sa kanilang pananampalataya? Nanampalataya ba sila sa Kanya sa paniniwalang Siya ay Diyos o isang tao? Kung itinuring nila si Cristo bilang Diyos, ituturing ba nila Siya sa ganitong paraan? (Hindi.) May isang paliwanag lang: Nakita nila si Cristo bilang isang tao, bilang isang tao na puwede nilang husgahan, lansihin, paglaruan, hamakin, at tratuhin ayon sa nais nila; ibig sabihin ay napakalakas ng loob nila. Kung ikakategorya natin ang mga gayong mapangahas na tao, puwede ba silang isama sa kategorya at grupo ng mga nilikha, ng hinirang na mga tao ng Diyos, ng mga tagasunod Niya, ng mga tao na puwede Niyang gawing perpekto, at mga tao na puwede Niyang iligtas? (Hindi.) Saan dapat ilagay ang mga gayong basura? Sa kampo ni Satanas. Inilalarawan bilang mga anticristo ang mga tao sa grupong ito. Itinuring nila si Cristo bilang isang ordinaryong tao, at kumilos sila nang walang pakundangan at walang ingat at gumamit sila ng absolutong kapangyarihan sa loob ng saklaw ng kanilang impluwensiya, iniisip nila, "Ano man ang isyu, hangga't hindi ako naghahanap mula sa iyo o ipinaalam ito sa iyo, wala kang karapatang makialam, at hindi mo ito

malalaman kailanman.” Sabihin mo sa Akin, may karapatan ba si Cristo na pangasiwaan sila? (Oo.) Ano ang angkop na paraan para gawin ito? (Patalsikin sila sa iglesia.) Ganito dapat pangasiwaan ang mga anticristo at mga Satanas; hindi dapat maging maluwag sa kanila. Kapag nananampalataya sa Diyos ang ganitong mga tao, anuman ang gawin ng Diyos, kung paano man Niya tinutustusan ng katotohanan ang mga tao, o anumang gawain ang ginagawa Niya, hindi nila ito pinapansin. Kung wala silang kapangyarihan, nag-iisip sila ng mga paraan para makuha ito, at kapag nasa kapangyarihan na sila, gusto nilang pumantay kay Cristo, para makihati sa Kanya sa mundo, upang makipagkompetensiya para makita kung sino ang nakatataas at para makipag-agawan ng katayuan sa Kanya. Sa loob ng saklaw ng impluwensiya nila, gusto nilang hamunin si Cristo, sinasabi nila, “Gusto kong makita kung kaninong salita ang mas matimbang, iyong sa iyo ba o sa akin. Teritoryo ko ang iglesiang ito; gagastusin ko ang pera ng iglesia ayon sa gusto ko, bibilhin ko ang kahit anong gustuhin ko, at pangangasiwaan ko ang mga usapin ayon sa kagustuhan ko. Ang sinumang sabihin kong walang kuwenta ay walang kuwenta. Gagamitin ko ang sinumang nais ko, at walang sinuman ang puwedeng gumalaw sa mga taong pinili kong gamitin. Kung may gagalaw sa kanila, hindi ko iyon kailanman palalampasin—kahit na sabihin ng diyos na gusto niya, hindi ko ito papayagan!” Hindi ba’t paghahangad ito ng kamatayan?

Kung mas nauunawaan ng mga tao ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos at nagkakamit sila ng mas malinaw at mas tumpak na pagkaunawa sa pagiging praktikal at sa diwa ng Diyos sa pamamagitan ng normal at praktikal na pagkatao ng Diyos na nagkatawang-tao, mga tao silang naghahangad sa katotohanan at may pagkatao. Gayumpaman, hindi itinuturing ng ilang tao si Cristo bilang Diyos dahil sa Kanyang normal at praktikal na aspekto. Kumikilos sila nang mas walang galang at mas mapangahas sa harap Niya, nagiging mas malakas ang loob nilang kumilos nang malaya, at mas ninanais nilang malampasan si Cristo at makontrol ang hinirang na mga tao ng Diyos. Pakiramdam nila na mayroon silang kapital para hamakin at makipagkompetensiya kay Cristo, at na may ebidensiya sila para ituring si Cristo bilang isang tao. Iniisip nila na pagkatapos nilang makuha ang ebidensiyang ito, hindi na sila kailangang matakot kay Cristo, at na malaya na silang punahin Siya, makipag-usap at makipagtawanan sa Kanya nang kaswal at ipantay ang sarili nila sa Kanya, at talakayin ang kanilang mga personal na usapin at alalahanin sa Kanya. Sinasabi pa ng ilan, “Ibinahagi ko sa iyo ang aking mga panloob na kaisipan, kahinaan, at mga tiwaling disposisyon, kaya sabihin mo naman sa akin ang kalagayan mo. Ikinuwento ko sa iyo ang mga karanasan ko bago at pagkatapos kong manampalataya sa diyos, at sinabi ko sa iyo kung paano ko tinanggap ang gawain ng diyos, kaya ibahagi mo naman sa akin ang mga karanasan mo.” Ano ang sinusubukan nilang gawin? Hindi ba nila nakikita ang Diyos na nagkatawang-tao bilang masyadong ordinaryo at normal, at gusto nila Siyang gawing miyembro ng pamilya nila, isang kabarkada, isang kaibigan, o isang kapitbahay? Gaano man kanormal at kapraktikal si Cristo, hindi kailanman magbabago ang Kanyang diwa. Anuman ang Kanyang edad,

kung saan Siya ipinanganak, o kung paano ihahambing ang Kanyang mga kalipikasyon at karanasan sa iyo, kung mukha man Siyang mataas o mababa para sa iyo, huwag kailanman kalilimutan na palagi Siyang iba sa iyo. Bakit ganito? Siya ang Diyos na nabubuhay sa isang panlabas na normal at praktikal na laman; ang Kanyang diwa ay walang hanggang naiiba sa diwa mo; ang Kanyang diwa ay sa Diyos na kataas-taasang laging higit sa lahat ng sangkatauhan magpakailanman. Huwag mong kakalimutan ito. Sa panlabas, mukha Siyang isang ordinaryo at normal na tao, tinatawag Siyang Cristo, at may pagkakakilanlan Siya bilang Cristo, pero kung ituturing mo Siyang isang tao sa pananampalataya mo, at titingnan Siya bilang isang ordinaryong tao, bilang isang miyembro ng tiwaling sangkatauhan, nasa panganib ka. Hindi kailanman nagbabago ang pagkakakilanlan at diwa ni Cristo, ang Kanyang diwa ay ang diwa ng Diyos, at ang Kanyang pagkakakilanlan ay palaging ang pagkakakilanlan ng Diyos. Ang katunayang namumuhay Siya sa isang normal, praktikal na laman, ay hindi nangangahulugang miyembro Siya ng tiwaling sangkatauhan, hindi rin ito nangangahulugan na puwede Siyang manipulahin o kontrolin ng mga tao, o na puwede silang maging kapantay Niya o makipag-agawan sa Kanya para sa kapangyarihan. Hangga't tinitingnan ng mga tao si Cristo bilang tao, at sinusukat Siya gamit ang mga pamamaraan at perspektiba ng tao, at sinusubukan Siyang gawing kaibigan, kapantay, katrabaho, o nakatataas na opisyal, inilalagay nila ang sarili nila sa isang mapanganib na posisyon. Bakit ito mapanganib? Kung nakikita mo si Cristo bilang isang ordinaryo, normal na tao, magsisimula nang lumabas ang mga tiwaling disposisyon mo. Mula sa sandaling ituring mo si Cristo bilang tao, magsisimula nang malantad ang masasama mong gawa. Hindi ba't ito ang mapanganib na bahagi? Hangga't tinitingnan ng mga tao si Cristo bilang tao, at iniisip na normal at praktikal Siya, na madali Siyang lansihin, at katulad lang Siya ng sangkatauhan, hindi sila natatakot sa Diyos, at sa panahong ito ay nagbabago ang ugnayan nila sa Diyos. Ano ang nangyayari sa ugnayang ito? Ang kanilang ugnayan ay hindi na ugnayan ng isang nilikhang tao at ng Lumikha, hindi na ito ugnayan ng isang tagasunod at ni Cristo, at hindi na rin ito ugnayan ng isang pakay ng pagliligtas at ng Diyos, sa halip nagiging ugnayan ito ni Satanas at ng May Kataas-taasang Kapangyarihan sa lahat ng bagay. Sumasalungat ang mga tao sa Diyos, at nagiging mga kaaway Niya. Kapag tinitingnan mo si Cristo bilang isang tao, binabago mo rin ang pagkakakilanlan mo sa harap ng Diyos, at ang halaga mo sa Kanyang mga mata; ganap mong winawasak ang iyong mga kinabukasan at kapalaran dahil sa pagpapalayaw mo sa sarili, paghihimagsik, kabuktutan, at kayabangan. Kikilalanin, gagabayan, at pagkakalooban ka lamang ng Diyos ng buhay at ng pagkakataong makamit ang kaligtasan, kung isa kang nilikha, isang tagasunod ni Cristo, at isang taong tinanggap ang kaligtasan ng Diyos. Kung hindi, magbabago ang ugnayan mo sa Diyos. Kapag itinuturing ng mga tao ang Diyos, si Cristo, bilang isang tao, hindi ba't nagpapatawa sila? Kadalasan, hindi ito nakikita ng mga tao bilang isang problema, iniisip nila, "Sinabi ni cristo na isa siyang ordinaryo at normal na tao, kaya ano ang mali sa pagtrato sa kanya bilang isang tao?" Sa totoo lang,

walang mali rito, pero may mga seryosong kahihinatnan ito. Maraming pakinabang para sa iyo ang pagturing kay Cristo bilang isang tao. Sa isang banda, pinapataas nito ang katayuan mo, sa isa pang aspekto, pinapalapit nito ang distansiya sa pagitan mo at ng Diyos, at bukod pa rito, hindi ka magiging masyadong mahiyain sa presensiya ng Diyos, maluwag at malaya ang pakiramdam mo. Magkakaroon ka ng iyong mga karapatang pantao, kalayaan, at isang pakiramdam ng kahalagahan ng pag-iral mo, at mararamdaman mo ang iyong sariling presensiya—hindi ba't maganda iyon? Walang mali sa pagturing sa isang tunay na tao sa ganitong paraan, ipinapakita nito na may dangal at integridad ka. Hindi dapat madaling yumukod ang isang tao; hindi sila dapat madaling lumuhod, sumuko, o tumanggap ng pagiging mababa nila sa sinumang tao—hindi ba't ito ang mga batas ng pagiging ligtas ng tao at ang mga alituntunin ng laro ng tao? Maraming tao ang inilalapat ang mga batas at alituntuning ito sa pakikisalamuha nila kay Cristo. Problema ito at madali nitong masasalungat ang disposisyon ng Diyos. Ito ay dahil pare-pareho ang kalikasang diwa ng lahat ng miyembro ng sangkatauhan, anuman ang lahi nila. Tanging si Cristo ang naiiba sa sangkatauhan. Bagaman may anyo si Cristo ng pagiging normal at praktikal, at nagtataglay ng mga pamumuhay at nakagawian ng normal, praktikal na pagkatao, hindi katulad ng sa sinumang tiwaling tao ang Kanyang diwa. Dahil mismo rito kaya kalipikado Siyang igiit sa Kanyang mga tagasunod na ituring Siya sa paraang hinihingi Niya. Maliban kay Cristo, wala nang iba pang tao ang kalipikado na gumamit ng mga pamamaraan at pamantayang ito para magtakda ng mga hinihingi sa mga tao. Bakit? Dahil ang Diyos Mismo ang diwa ni Cristo, at dahil si Cristo, ang ordinaryo, normal na taong ito, ay isang normal na laman na isinuot ng Diyos, at ang pagkakatawang-tao ng Diyos sa gitna ng mga tao. Batay lang dito, mali ang pagtingin kay Cristo bilang isang tao, mas lalong mali ang pagturing sa Kanya na parang tao, at mas malubha pa ang panlalansi, paglalaro, at pakikipaglaban sa Kanya na parang isa Siyang tao. Ang mga anticristo, itong pangkat ng masasamang indibidwal na napopoot sa katotohanan, ay nananatiling walang kamalayan sa napakahalagang problema at malinaw na pagkakamaling ito. Bakit ganito? Dahil ang kalikasang diwa nila ay ang diwa ng isang anticristo. Nakikipaglaban sila sa Diyos sa espirituwal na mundo, nakikipag-agawan sa Kanya para sa katayuan, hindi Siya kailanman tinatawag o itinuturing bilang Diyos. Sa sambahayan ng Diyos, inuulit nila ang ganitong pag-uugali, itinuturing si Cristo sa parehong paraan. Itinuring ng ninuno nila ang Diyos sa ganitong paraan, kaya hindi nakakapagtaka na hindi nila maiwasang kumilos nang ganito. Dahil hindi nila maiwasang kumilos nang ganito, at natiyak na ang kalikasang diwa nila, puwede pa bang iligtas ng Diyos ang mga gayong tao? Hindi ba't dapat silang paalisin at patalsikin mula sa sambahayan ng Diyos? Hindi ba't dapat silang tanggihan ng lahat ng hinirang na tao ng Diyos? (Oo.) May mga kuru-kuro pa ba kayo tungkol sa pagkondena, pagpapaaalis, at pagtitiwalag sa mga gayong indibidwal sa sambahayan ng Diyos? (Wala na.) Kaawa-awa ba sila? (Hindi.) Bakit hindi sila kaawa-awa? Kamuhimuhi at kasuklam-suklam sila, kaya hindi sila kaawa-awa.

C. Kung Paano Tinatrato ng mga Anticristo ang Kababaang-loob at Pagiging Tago ni Cristo

Namamalas sa maraming paraan kung paano tinatrato ng mga anticristo ang pagiging normal at praktikal ni Cristo, at inilantad natin kani-kanina lang ang ilang partikular na halimbawa. Tatapusin na natin ang ating pagbabahaginan sa aspektong ito rito. Tungkol naman sa isa pang aspekto ni Cristo—ang Kanyang kababaang-loob at pagiging tago—nagpapakita pa rin ang mga anticristo ng natatangi nilang disposisyong diwa, at taglay nila ang mga pangunahing pagpapamalas at pamamaraang kapareho ng pagturing nila sa pagiging normal at praktikal ni Cristo. Hindi pa rin nila matanggap ang mga bagay na ito mula sa Diyos, o matanggap ang mga ito bilang mga positibong bagay, sa halip ay hinahamak nila ang mga ito, kinukutya at kinokondena pa nila ang mga ito, at pagkatapos ay itinatangi ang mga ito. May tatlong bahagi ang seryeng ito: Una, nagmamasid sila, pagkatapos ay kumokondena sila, at sa huli ay itinatangi nila. Lahat ng ito ay nakagawiang kilos ng mga anticristo; itinatakda ito ng diwa ng mga anticristo. Ano ba ang kababaang-loob at pagiging tago? Dapat hindi ito mahirap maunawaan sa literal na kahulugan—nangangahulugan ito ng hindi pagkahilig sa pagpapakitang-gilas, hindi pagyayabang sa sarili, hindi pagpapapansin, at pananatiling hindi kilala. May kinalaman ito sa disposisyon ng Diyos na nagkatawang-tao at sa likas na personalidad ng Diyos. Batay sa panlabas na anyo, hindi dapat mahirap para sa mga tao na mapansin ito: walang ambisyon si Cristo, hindi Siya nagtatangkang agawin ang kapangyarihan, wala Siyang pagnanais para sa kapangyarihan, hindi Niya ikinukulong ang puso ng mga tao, ni hindi Niya pinag-aaralan ang pagbabasa ng isip; nagsasalita nang simple, payak, at malinaw si Cristo, hindi Siya kailanman gumagamit ng mga salitang mapang-usisa o ng mga panlalansi para dahan-dahang alamin ang tunay na iniisip ng mga tao. Kung may gustong sabihin ang mga tao, puwede nila itong sabihin; kung wala naman, hindi Niya sila pinipilit. Kapag inilalantad ni Cristo ang mga tiwaling disposisyon at iba’t ibang kalagayan ng mga tao, nagsasalita Siya nang direkta at malinaw Niyang tinutukoy ang mga ito; higit pa rito, napakasimple ng paraan ni Cristo sa pangangasiwa ng mga bagay. Dapat may ganitong impresyon ang mga nakisalamuha na sa Akin, sinasabing, “Napakaprangka Mo, wala Kang anumang taktika para sa mga makamundong pakikitungo. Sa kabila ng pagkakaroon ng katayuan, parang hindi Ka nakadarama ng pagiging mataas sa anumang grupo.” Tumpak nga ang pahayag na ito; hindi Ko gustong maging sentro ng atensiyon o lalong maging tanyag sa harap ng iba. Kung wala talaga Ako ng katayuang ito at hindi Ako pinatotohanan ng Diyos, ang likas Kong personalidad ay ang manatili sa likod ng karamihan ng tao, ayaw Kong makita ng iba, ayaw Kong malaman ng iba kahit na mayroon Akong ilang espesyal na kasanayan, dahil kung nalaman ng mga tao, susundan nila Ako kung saan-saan, na isang abala at mahirap pangasiwaan. Kaya, saan man Ako pumunta, sa sandaling sumunod sa Akin ang mga tao kung saan-saan, naghahanap Ako ng mga paraan para itaboy sila, tinatalakay ang

mga usapin kapag kinakailangan, at kapag hindi kinakailangan, agad Ko silang pinapabalik sa tama nilang lugar para gawin ang dapat nilang gawin. Para sa mga tiwaling tao, hindi nila ito lubos maisip, “Kaming mga tao ay minamahal at sinusuportahan Ka nang labis! Sobra kaming nahuhumaling sa Iyo! Bakit hindi Mo tinatanggap ang pagmamahal namin?” Anong pinagsasabi nila? Sinabi Ko na ang dapat Kong sabihin sa iyo, itinuro Ko na ang dapat Kong ituro, kaya gawin mo na ang dapat mong ginagawa, huwag ninyo Akong palibutan, ayaw Ko nito. Sa pananaw ng mga tao, iniisip nila, “O Diyos, matapos gawin ang gayon kadakilang gawain, madalas Ka rin bang nasisiyahan sa Iyong sarili? Sa dami ng Iyong tagasunod, hindi Mo rin ba palaging nararamdaman ang pagiging mataas? Hindi Mo ba palaging ninanais na magtamasa ng espesyal na pagtrato?” Sinasabi Ko na hindi Ko kailanman naramdaman iyon; hindi Ko kailanman namamalayan ang pagkakaroon ng napakaraming tagasunod, hindi Ako nakakaramdam ng pagiging mataas, at wala Akong kamalayan sa kung gaano kataas ang Aking katayuan. Sabihin ninyo sa Akin, gaano kasaya ang isang normal na tao sa araw-araw kung nasa gayong posisyon siya? Hindi ba’t hindi niya malalaman kung ano ang kakainin at susuotin? Hindi ba’t para siyang palutang-lutang sa ere sa buong araw? Hindi ba’t palagi niyang nanaising may mga taong susunod sa kanya kung saan-saan? (Oo.) Sa partikular, palaging maghahanap ng mga paraan ang mga may ilang abilidad para magsagawa ng mga pagpupulong, para matamasa ang pakiramdam ng atensiyon at palakpakan habang nagsasalita, iniisip na higit pa ito sa kasiyahan ng pagkain ng karne at pag-inom ng alak. Napapaisip Ako, bakit hindi Ako nakararamdam ng ganoon? Bakit hindi Ko nararamdaman na mabuti iyon? Bakit hindi Ko gusto ang pakiramdam na iyon? Sa industriya ng musika sa mundo, ang mga may kaunting abilidad, lalo na ang mga marunong kumanta at sumayaw, ay tinatawag na mga diyosa, diyos, hari ng musika, reyna ng musika, at maging mga ama, ina, at lolo. Hindi maganda ang mga titulong ito. Bukod pa rito, hindi nasisiyahan ang ilang tao kapag tinatawag silang “Xiao^a Wang” o “Xiao Li,” iniisip na ibinababa nito ang senyoridad nila, kaya naghahanap sila ng mga paraan para baguhin ang antas ng senyoridad nila, para tawagin sila ng mga tao na hari o reyna sa hinaharap. Ito ang tiwaling lahi ng tao. Ang ilang tao, pagkatapos manampalataya sa Diyos, ay sinasabing hindi dapat maging walang galang na mayabang ang mga mananampalataya tulad ng mga walang pananampalataya, na hindi sila dapat tawaging diyos, hari, o reyna, na dapat hindi sila napapansin at dapat silang maging mapagpakumbaba. Naniniwala sila na medyo bulgar ang direktang pagtawag sa sarili nila na Mapagpakumbaba, na hindi ito sapat na maliit o mababa, kaya’t tinatawag nila ang sarili nila na Maliit, Napakaliit, Alikabok, Munti, at ang iba pa ay Butil ng Buhangin at Nanometer. Hindi nila pinagtutuonan ang katotohanan pero pinag-iisipan nila ang pagiging bulgar, gamit ang mga pangalang Maliit na Damo, Supling, at maging Lupa, Putik,

^a Ang mga nagsasalita ng Tsino ay naglalagay ng “Xiao” bago ang apelyido ng isang tao na mas bata kaysa sa kanila.

Dumi, at iba pa. Mas hindi kaaya-aya at mas mababa ang mga pangalang ito kaysa sa nauna, pero mababago ba ng mga ito ang anuman? Nakikita Ko na ang mga taong may ganitong mga pangalan ay napaka-arogante rin, hindi mabuti, at masasamang tao pa nga ang ilan. Hindi lamang hindi naging mas maliit o mapagpakumbaba ang mga may ganitong pangalan kundi nananatili silang hindi magagalang na mayabang, buktot, at mapaminsala.

Sa unang pagkakataon na naging tao ang Diyos para gumawa sa lupa, simple at maikli ang Kanyang gawain, pero kailangang-kailangan at mahalagang yugto ang gawaing iyon para sa kaligtasan ng sangkatauhan. Gayumpaman, pagkatapos na ipako sa krus ang Panginoong Jesus, muli Siyang nabuhay at umakyat sa langit, hindi na Siya muling nagpakita sa sangkatauhan. Bakit hindi na Siya muling nagpakita sa sangkatauhan? Ito ang kababaang-loob at pagiging tago ng Diyos. Ayon sa normal na lohika ng tao, naging tao ang Diyos at nagdusa nang tatlumpu't tatlo at kalahating taon, tiniis Niya ang pagtanggì, paninirang-puri, pagkondena, pang-aabuso ng sangkatauhan, at iba pa, at dapat Siyang bumalik sa piling ng mga tao para tamasahin ang mga bunga ng Kanyang tagumpay at kaluwalhatian pagkatapos Siyang maipako sa krus at muling nabuhay. Dapat nabuhay pa Siya ng tatlumpu't tatlo at kalahating taon pa o mas matagal pa, tinatamasa ang pagsamba at pagtingala ng sangkatauhan sa Kanya, at ang katayuan at pagtrato na nararapat sa Kanya. Gayumpaman, hindi ito ginawa ng Diyos. Sa yugtong ito ng gawain, tahimik at palihim na dumating ang Diyos, nang walang anumang seremonya, at hindi tulad ng mga tao na gustong iparamdam ang presensiya nila sa tuwing mayroon silang kaunting abilidad, hindi nanaisin ng Diyos na iproklama sa mundo, "Narito Ako, Ako ang Diyos Mismo!" Hindi nagbigkas ang Diyos ng kahit isang salitang tulad nito para sa Kanyang sarili kundi tahimik Siyang ipinanganak sa isang sabsaban. Bukod sa tatlong pantas na nagpunta para sambahin ang Diyos, puno ng hirap at pagdurusa ang natitirang buhay ng Panginoong Jesucristo, na nagtapos lamang sa Kanyang pagkapako sa krus. Nagkamit ng kaluwalhatian ang Diyos at pinatawad Niya ang mga kasalanan ng tao—ibig nitong sabihin na gumawa Siya ng isang dakilang bagay para sa sangkatauhan dahil tinulungan Niya ang mga tao na makatakas mula sa kasalanan at sa dagat ng pagdurusa, at Siya ang Manunubos ng sangkatauhan. Kaya lohikal na dapat tinamasa ng Diyos ang pagsamba, paghanga, at pagpapatirapa ng sangkatauhan. Gayumpaman, tahimik at palihim na umalis ang Diyos, nang walang anumang ingay. Sa nakalipas na dalawang libong taon, patuloy na lumalaganap ang gawain ng Diyos. Puno ng hirap, pagdanak ng dugo, at pagkondena at paninirang-puri ng buong sangkatauhan ang proseso ng pagpapalaganap na ito. Pero, anuman ang saloobin ng sangkatauhan sa Diyos, patuloy Siyang nagpapahayag ng katotohanan at hindi kailanman tumigil sa Kanyang gawain ng pagliligtas sa tao. Bukod pa rito, sa loob ng dalawang libong taong ito, hindi kailanman gumamit ang Diyos ng mga malinaw na salita para ideklara ang Kanyang sarili, upang sabihin na ang Panginoong Jesus ang Kanyang nagkatawang-taong laman, at na dapat Siyang sambahin at tanggapin ng

sangkatauhan. Ginagamit lang ng Diyos ang pinakasimpleng pamamaraan, ipinapadala ang Kanyang mga lingkod para ipangaral ang ebanghelyo ng kaharian ng langit sa lahat ng bansa at lugar, na nagpapahintulot sa mas maraming tao na magsisi, lumapit sa harapan ng Diyos, at tanggapin ang Kanyang kaligtasan, at sa gayon ay makamit ang kapatawaran sa mga kasalanan nila. Hindi kailanman gumamit ang Diyos ng anumang malabis na salita para sabihin na Siya ang paparating na Mesiyas; sa halip, pinatunayan Niya sa pamamagitan ng mga katunayan na ang lahat ng Kanyang ginawa ay ang gawain ng Diyos Mismo, na ang pagliligtas ng Panginoong Jesus ang sariling pagliligtas ng Diyos, na ang Panginoong Jesus ang tumubos sa buong sangkatauhan, at Siya ang Diyos Mismo. Sa kasalukuyang pagkakatawang-tao, dumating ang Diyos sa piling ng mga tao sa parehong paraan at anyo. Ang pagdating ng Diyos sa laman ay isang malaking pagpapala para sa sangkatauhan, isang napakapambihirang pagkakataon, at higit pa rito, ito ang magandang kapalaran ng sangkatauhan. Pero ano ang kahulugan nito para sa Diyos Mismo? Ito ang pinakamasakit na bagay. Nauunawaan ba ninyo ito? Ang diwa ng Diyos ay Diyos. Ang Diyos, na nagtataglay ng pagkakakilanlan ng Diyos, ay likas na walang kayabangan, at sa halip, tapat, banal, at matuwid Siya. Sa pagparito ng Diyos sa sangkatauhan, kailangan Niyang harapin ang iba't ibang tiwaling disposisyon ng tao, na nangangahulugang ang lahat ng taong nais Niyang iligtas ay iyong mga kinamumuhian at kinasusuklaman Niya. Walang mayabang na disposisyon, kabuktutan, at panlilinlang ang Diyos; minamahal Niya ang mga positibong bagay, matuwid at banal Siya, pero isang grupo ng mga tao na kabaligtaran at kaaway ng Kanyang diwa ang Kanyang kinakaharap. Ano ba ang ibinibigay ng Diyos nang higit sa lahat? Ang Kanyang pagmamahal, pagtitiyaga, awa, at pagpaparaya. Ang pagmamahal, awa, at pagpaparaya ng Diyos ang Kanyang kababaang-loob at pagiging tago. Iniisip ng tiwaling sangkatauhan, “Gumagawa ang Diyos ng napakadakilang gawain, nakakamit Niya ang napakadakilang kaluwalhatian, at may kataas-taasang kapangyarihan Siya sa napakaraming bagay, kaya bakit hindi Niya inaanunsiyo o idinedeklara ang Kanyang sarili?” Para sa mga tao, parang kasingdali ito ng pagpitik ng daliri; kapag gumagawa sila ng mabuting gawa, pinapalaki nila ito nang sampung beses, kapag gumagawa sila ng kaunting mabuti, pinapalaki nila ito nang dalawa o tatlong beses, pinapalaki ito nang walang hanggan, at iniisip na kapag mas detalyado ito, mas mainam. Pero wala sa diwa ng Diyos ang mga bagay na ito. Anuman ang gawin ng Diyos, walang diumano’y mga “transaksiyon” ng tao rito; walang anumang gustong hilingin ang Diyos, hindi Niya “hinahangad ang kabayaran” gaya ng sinasabi ng tao. Walang pagnanais para sa katayuan ang Diyos, gaya ng ginagawa ng tiwaling sangkatauhan, hindi Niya sinasabi, “Ako ang Diyos; ginagawa Ko ang nais Ko, at anuman ang gawin Ko, kailangan ninyong tandaan ang Aking kabutihan, kailangan ninyong isapuso ang mga bagay na ginagawa Ko at palagi Akong tandaan.” Wala ng ganitong mismong uri ng diwa ang Diyos; wala Siyang ambisyon, wala Siyang mayabang na disposisyon ng tiwaling sangkatauhan, at hindi Niya idinedeklara ang Kanyang sarili. Sinasabi ng ilan, “Kung hindi Mo idedeklara ang Iyong sarili, paano

malalaman ng mga tao na Ikaw ang Diyos? Paano nila makikita na mayroon Kang katayuan ng Diyos?” Hindi na ito kinakailangan; ito ang kayang maisakatuparan ng diwa ng Diyos. Nagtataglay ang Diyos ng diwa ng Diyos; gaano man Siya kamapagpakumbaba at gaano man Siya katago, gaano man Siya palihim na gumagawa, gaano man Siya nagpapakita ng awa at pagpaparaya sa sangkatauhan, ang pinakahuling epekto ng Kanyang mga salita, gawain, kilos, at iba pa sa mga tao ay tiyak na tatanggap sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha ang mga nilikhang tao, yuyukod at sasamba sa Lumikha, at kusang-loob na magpapasakop sa kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Lumikha. Itinakda ito ng diwa ng Diyos. At ito mismo ang hindi kayang gawin ng mga anticristo. May mga ambisyon at pagnanais sila, pati na mga mayabang, malupit, at buktot na disposisyon, wala silang katotohanan, pero gusto pa rin nilang taglayin at kontrolin ang mga tao, at obligahin ang mga tao na magpasakop at sumamba sa kanila. Batay sa diwa ng mga anticristo, hindi ba’t mga buktot sila? Nakikipag-agawan sa Diyos ang mga anticristo para sa Kanyang mga hinirang na tao, makikipag-agawan ba ang Diyos sa kanila? Mayroon bang ganitong diwa ang Diyos? Nakakamit ba ng Diyos ang pagsamba at pagpapasakop ng mga nilikhang tao sa pamamagitan ng pakikipag-agawan para dito? (Hindi.) Paano Niya ito nakakamit? Nilalang ng Diyos ang mga nilikha; tanging ang Lumikha ang nakakaalam kung ano ang kailangan, ang dapat taglayin ng sangkatauhan, at kung paano dapat mamuhay ang sangkatauhan. Halimbawa, sabihin nang lumikha ng isang makina ang isang tao. Tanging ang imbentor nito ang nakakaalam ng mga depekto at kahinaan nito, at kung paano ito aayusin; sinumang magtangkang gumawa ng pekeng bersiyon ng makina ay hindi alam ang mga bagay na ito. Sa parehong paraan, nilikha ng Diyos ang sangkatauhan; tanging ang Diyos ang nakakaalam kung ano ang kailangan ng mga tao, tanging ang Diyos ang makakapagligtas sa sangkatauhan, at tanging ang Diyos ang makakapagpabago sa tiwaling tao tungo sa pagiging tunay na tao. Ginagawa ng Diyos ang lahat ng ito hindi sa pamamagitan ng Kanyang awtoridad, hindi sa pamamagitan ng sariling deklarasyon, pangangatwiran sa sarili, o sa pamamagitan ng panunupil, panlilihis, o pagkontrol sa mga tao; hindi ginagamit ng Diyos ang mga diskarte at pamamaraang ito, tanging si Satanas at ang mga anticristo ang gumagawa nito.

Pagkatapos ng napakaraming pagbabahaginan, ano ang pagkaunawa ninyo sa kababaang-loob at pagiging tago ng Diyos? Ano ba ang kababaang-loob at pagiging tago ng Diyos? Ang pagiging tago ba ay sadyang pagkukubli ng Kanyang pagkakakilanlan, ang intensiyonal na pagtatago ng Kanyang diwa at tunay na kalagayan? (Hindi.) Ang kababaang-loob ba ay pineke sa isang paimbabaw na paraan? Pagpipigil ba ito sa sarili? Pagkukunwari ba ito? (Hindi.) Sinasabi ng ilang tao, “Ikaw ang Diyos na nagkatawang-tao, paano nakapagsuot ng karaniwang damit ang isang tao na may napakataas na katayuan?” Sinasabi Kong isang ordinaryong tao lang Ako, namumuhay ng isang ordinaryong buhay; ordinaryo ang lahat ng tungkol sa Akin, kaya bakit hindi Ako puwedeng magsuot ng mga ordinaryong damit? Sinasabi ng ilan, “Ikaw si Cristo, ang Diyos na

nagkatawang-tao. Marangal ang Iyong katayuan—huwag Mong maliitin ang Iyong sarili.” Sinasabi Ko, anong pagmamaliit? Hindi Ko minamalaki o minamaliit ang Aking sarili; Ako ay kung sino Ako, ginagawa Ko ang dapat Kong gawin, at sinasabi Ko ang dapat Kong sabihin—anong mali roon? Parehong hindi tama ang pagmamalaki o pangmamaliit; kayabangan ang pagmamalaki, at pagkukunwari at panlilinlang ang pangmamaliit. Sinasabi ng ilan, “Dapat may asal ng isang tanyag na tao ang Diyos na nagkatawang-tao, at dapat maging elegante ang Iyong pananalita at kilos. Tingnan Mo ang mga ayos ng buhok, kasuotan, at kolorete ng makapangyarihang kababaihan sa lipunan, sila ang mga taong may katayuan, sila ang mga tinitingala ng mga tao!” Sinasabi Ko, ano ba ang katayuan? Ano ba ang pakialam Ko kung tinitingala Ako ng mga tao? Wala Akong pakialam doon; kung tinitingala mo Ako, nakakasuklam at nakakasuka iyon para sa Akin. Huwag na huwag mo Akong titingalain. Sinasabi ng iba, “Tingnan Mo ang mga babaeng negosyante sa lipunan, napakarangal at elegante ng pananamit nila. Sa isang tingin lang, makikita na makapangyarihan, elitistang personalidad sila—bakit hindi Ka matuto mula sa kanila?” Bakit Ko kailangang matutuhan ang isang bagay na hindi Ko gusto? Nagsusuot Ako ng mga damit na akma sa Aking edad, bakit Ako magpapanggap? Bakit Ko kailangang matuto mula sa iba? Ako ay Ako, para kanino Ako magpapanggap? Hindi ba’t panlilinlang iyon? Sabihin ninyo sa Akin, anong uri ng wangis, hitsura, pananalita, at pag-uugali ang dapat mayroon ang Diyos na nagkatawang-tao para tumugma sa Kanyang pagkakakilanlan? Mayroon ba kayong mga pamantayan para dito? Siguradong mayroon, kung wala, hindi ninyo titingnan si Cristo sa gayong paraan. Mayroon Akong mga pamantayan—lumalampas ba ang Aking mga pamantayan sa saklaw ng mga katotohanang prinsipyo? (Hindi.) Bakit palaging may mga kuru-kuro ang ilang tao tungkol sa anumang isuot o kainin Ko, palaging nagbubuod at humahatol sa Akin—hindi ba’t nakakasuklam iyon? Bakit nakikita nila Ako sa ganitong paraan? Sa mga mata nila, mali ang anumang gawin ni Cristo, negatibo ang lahat ng ito, laging may kaduda-duda rito. Napakabuktot siguro nila! Batay sa seryeng ito ng iba’t ibang pagkakakilanlan, iba’t ibang perspektiba sa Diyos—mula sa Espiritu ng Diyos, sa diwa ng Diyos Mismo, hanggang sa pagkatao ng Diyos na nagkatawang-tao—wala sa diwa ng Diyos ang kayabangan o ang anumang ambisyon at pagnanais ni Satanas, at lalong wala ang diumano’y paghahangad ng tao sa katayuan. Bukod sa diwa ng Diyos Mismo, ang pinakakapansin-pansing katangiang taglay ng Diyos, mula sa Espiritu ng Diyos hanggang sa Kanyang nagkatawang-taong laman, ay ang Kanyang kababaang-loob at pagiging tago. Hindi peke ang kababaang-loob na ito, hindi sadyang pag-iwas ang pagiging tagong ito; ito ang diwa ng Diyos, ito ang Diyos Mismo. Kung nasa espirituwal na mundo man ang Diyos o nagkatawang-tao Siya bilang tao, hindi nagbabago ang Kanyang diwa. Kung hindi makita ng isang tao na nagtataglay ng diwa ng Diyos ang nagkatawang-tao na Cristo batay rito, anong klaseng tao siya? Wala siyang espirituwal na pang-unawa, isa siyang hindi mananampalataya. Kung tinitingnan ng mga tao ang diwa ng kababaang-loob at pagiging tago ng Diyos, iniisip nila: “Parang hindi naman ganoon kadakila ang awtoridad

ng Diyos. Parang hindi masyadong kapani-paniwala ang pagsasabi na ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat, mas ligtas na sabihing makapangyarihan ang Diyos. Dahil wala Siyang gayong kalaking awtoridad, paano Siya magkakaroon ng kataas-taasang kapangyarihan sa sangkatauhan? Dahil hindi Niya ipinapakita kailanman ang katayuan at pagkakakilanlan ng Diyos, kaya ba Niyang talunin si Satanas? Sinasabing may karunungan ang Diyos—kaya ba ng karunungan na pagpasyahan ang lahat ng bagay? Alin ang mas dakila, ang karunungan o ang pagkamakapangyarihan-sa-lahat? Kaya bang maapektuhan ng karunungan ang pagkamakapangyarihan-sa-lahat? Kaya bang impluwensiyahan ng karunungan ang pagkamakapangyarihan-sa-lahat?” Pinag-iisipan ito ng mga tao pero hindi nila ito kayang makilatis o maunawaan. Nagkikimkim ng mga pagdududa ang ilang tao sa puso nila, at pagkatapos ay unti-unti nila itong pinoproseso, patuloy silang naghahanap at sumusubok na maunawaan ang usaping ito sa pamamagitan ng mga karanasan nila, at hindi nila namamalayang nagkakaroon sila ng ilang pandama na kaalaman. Ang mga anticristo lang, matapos pagdudahan ang lahat ng aspekto ng diwa ng Diyos, ang lahat ng pagpapamalas na ito, at lahat ng Kanyang kilos, ang hindi lamang nabibigong maunawaan na kababaang-loob at pagiging tago ito ng Diyos, na ito ang kaibig-ibig sa Diyos, kundi sa kabaligtaran ay nagkakaroon sila ng mas maraming pagdududa tungkol sa Diyos at ng mas matinding pagkondena sa Diyos. Pinagdududahan nila ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay, pinagdududahan nila na kayang talunin ng Diyos si Satanas, pinagdududahan nila na kayang iligtas ng Diyos ang sangkatauhan, pinagdududahan nila na maisasakatuparan ang anim-na-libong-taong plano ng pamamahala ng Diyos, at higit pa rito, pinagdududahan nila ang katunayang ibubunyag ng Diyos ang Kanyang sarili sa di-mabilang na mga tao sa Kanyang kaluwalhatian. Matapos pagdudahan ang mga bagay na ito, anong ginagawa nila? Itinataggi nila ang mga bagay na ito. Kaya, sinasabi ng mga anticristo, “Walang kabuluhan ang kababaang-loob at pagiging tago ni cristo, hindi karapat-dapat na purihin o itaas ang mga ito, at hindi diwa ng diyos ang mga ito. Hindi mga bagay na taglay ng diyos ang gayong kababaang-loob at pagiging tago; mga pagpapamalas ng kawalan ng kakayahan ni cristo ang kanyang kababaang-loob at pagiging tago. Sa mundo, hangga’t may kaunting katayuan ang isang tao, pinaparangalan siya bilang hari, marquis, o emperador. Itinatag ni cristo ang kaharian niya at napakarami niyang tagasunod, at kasabay nito, lumalaganap ang gawain ng ebanghelyo nang may malakas na puwersa—hindi ba’t nangangahulugan iyon na lumalakas ang kapangyarihan ni cristo? Pero batay sa mga kilos niya, hindi niya balak na palakasin ang kanyang kapangyarihan, o magkaroon ng gayong kapangyarihan. Para bang wala siyang abilidad na magkaroon ng kapangyarihang ito, na mapasakamay ang kaharian ni cristo. Kung gayon, maaari ba akong magkamit ng mga pagpapala kung susunod ako sa kanya? Maaari ba akong maging panginoon ng susunod na kapanahunan? Maaari ba akong mamuno sa di-mabilang na mga bansa at tao? Kaya ba niyang wasakin ang lumang mundong ito, ang tiwaling sangkatauhang ito? Kung titingnan ang ordinaryong anyo ni cristo, paano

niya maisasakatuparan ang mga dakilang bagay?” Palaging lumilitaw ang mga gayong pagdududa sa puso ng mga anticristo. Ang kababaang-loob at pagiging tago ni Cristo ay mga bagay na hindi kayang tanggapin, sang-ayunan, o makita ng lahat ng tiwaling tao, lalo na ng mga anticristo; itinuturing ng mga anticristo ang kababaang-loob at pagiging tago ng Diyos bilang ebidensiya para sa mga pagdududa nila sa pagkakakilanlan at diwa ng Diyos, bilang ebidensiya at bentaha para itanggi ang awtoridad ng Diyos, kaya tinatanggihan nila ang pagkakakilanlan at diwa ng Diyos, at ang diwa ni Cristo. Pagkatapos tanggihan ang diwa ni Cristo, nagsisimulang kumilos ang mga anticristo laban sa hinirang na mga tao ng Diyos sa loob ng nasasakupan nila, nang walang awa, nang walang kaluwagan, at nang walang takot, at kasabay nito, hindi nila itinatanggi o pinagdududahan ang sarili nilang abilidad, kasanayan, o ambisyon kahit kaunti. Sa loob ng saklaw ng impluwensiya nila, sa loob ng saklaw kung saan sila makakakilos, iniuunat ng mga anticristo ang mga kuko nila, kinokontrol ang mga makokontrol nila, at inililihis ang mga mailililihis; ganap nilang hindi isinasaalang-alang si Cristo at ang Diyos, ganap na pinuputol ang ugnayan nila sa Diyos, kay Cristo, at sa sambahayan ng Diyos.

Ano ba ang pangunahing pinagbabahaginan natin sa aytem na ito tungkol sa kung paano tinatrato ng mga anticristo ang kababaang-loob at pagiging tago ni Cristo? Ang kababaang-loob at pagiging tago ng Diyos—na dapat maunawaan ng mga tao—ay mga kondisyong pinakapaborable sa mata ng mga anticristo para gawin ang anumang gusto nila at magtatag ng isang nagsasariling kaharian sa sambahayan ng Diyos. Natatago sa laman ang Diyos, at may ibang anyo ang yugtong ito ng gawain sa mga huling araw kumpara sa Kapanahunan ng Biyaya. Bagaman hindi gumagawa ang Diyos ng mga himala at kababalaghan sa yugtong ito, nagsalita Siya ng higit na mas maraming salita, ng di-mabilang na mga salita. Paano man gumagawa ang Diyos, basta nagkatawang-tao Siya, napakalaking kahihiyan ang kasama sa paggawa Niya ng Kanyang gawain. Tanging ang ganitong Diyos, na may banal na diwa, ang tunay na makakapagpakumbaba at makakapagtago ng Kanyang sarili para maging isang ordinaryong tao para gawin ang Kanyang gawain, dahil taglay Niya ang diwa ng kababaang-loob at pagiging tago. Sa kabaligtaran, ganap na walang kakayahan si Satanas na gawin ito. Anong uri kaya ng laman ang isusuot ni Satanas para gumawa sa gitna ng mga tao? Una, magkakaroon ito ng kahanga-hangang anyo, at magiging malupit, mapanlinlang, at buktot ito; pagkatapos, dapat itong maging dalubhasa sa iba’t ibang estratehiya at taktika para paglaruan at manipulahin ang mga tao, kasama ang iba’t ibang mapanlinlang na panlalansi, dapat maging sapat na walang awa at mapaminsala ito. Kailangan nitong palaging ipakita ang sarili nito sa mga tao, at maging sentro ng atensiyon sa lahat ng dako, sa takot na baka may isang tao na hindi ito makilala, at dapat nitong palaging subukang palakihin ang kasikatan nito at itaas ang sarili nito. Kapag sa wakas ay tinawag ito na hari o emperador ng mga tao, masisiyahan na ito. Kabaligtaran mismo ng ginagawa ni Satanas ang ginagawa ng Diyos. Patuloy na nagpapakita ng pagtitiyaga at pagiging tago ang Diyos, at habang ginagawa Niya ito, itinatanim Niya ang Kanyang mga salita at ang Kanyang

buhay sa mga tao gamit ang awa at mapagmahal na kabaitan ng Lumikha, para maunawaan ng mga tao ang katotohanan, maligtas, at maging tunay na mga nilikhang may normal na pagkatao at normal na pamumuhay. Kahit na para sa sangkatauhan ay hindi matutumbasan ng halaga ang ginagawa ng Diyos, itinuturing ng Diyos na Kanyang sariling responsabilidad ito. Kaya, personal Siyang nagkatawang-tao, at walang kapagurang nagtutustos, tumutulong, sumusuporta, nagbibigay-liwanag, at nagtatanglaw sa mga tao tulad ng isang ina o isang ama. Siyempre, kinakastigo, hinahatulan, itinutuwid, at dinidisciplina rin Niya ang mga tao, pinagmamasdan Niya ang pagbabago nila sa araw-araw, ang pamumuhay nila ng isang normal na buhay iglesia sa araw-araw, at ang paglago nila sa buhay araw-araw. Kaya, ang realidad ng mga positibong bagay ang lahat ng ginagawa ng Diyos. Sa gitna ng sangkatauhan, pinupuri ng mga tao ang mga halagang ibinayad ng Diyos, ang Kanyang dakilang kapangyarihan, at ang Kanyang kaluwalhatian, pero sa mga salita ng Diyos, kailan ba Niya sinabi sa mga tao: “Ginawa Ko ito at iyon para sa sangkatauhan, nagsakripisyo Ako nang husto; dapat Akong purihin at itaas ng mga tao”? Mayroon bang mga gayong hinihingi ang Diyos sa sangkatauhan? Wala. Ito ang Diyos Mismo. Hindi kailanman gumamit ng mga kondisyon ang Diyos para makipagpalitan sa mga tao, sinasabing, “Inilagay Ko si Cristo kasama ninyo, dapat ninyo Siyang tratuhin nang mabuti, makinig kayo sa Kanyang mga salita, magpasakop kayo sa Kanya, at sumunod sa Kanya. Huwag magdulot ng mga kaguluhan o pagkagambala, gawin ang anumang iniuutos Niya sa inyo, kung paano Niya ito ipinapagawa sa inyo, at kapag naisakatuparan na ang lahat, mapaparangalan kayong lahat.” Kahit kailan ba ay sinabi ng Diyos ang gayong bagay? Ito ba ang layunin ng Diyos? Hindi. Sa kabaligtaran, ang mga anticristo ang laging sumusubok na gumamit ng iba’t ibang paraan para akitin, pigilin, kontrolin at mapangibabawan ang lahat tungkol sa mga tao, para iwanan ng mga tao ang Diyos at lumapit sila sa mga anticristo. Ang mga anticristo ang nagpoproklama at nag-aanunsiyo saanman kapag may nagagawa silang kahit na maliit na gawa. Hindi lang nila hindi kayang maunawaan, tanggapin, purihin, o itaas ang kababaang-loob at pagiging tago ng Diyos, kundi, hinahamak at nilalapastangan din nila ang mga bagay na ito. Itinatakda ito ng disposisyong diwa ng mga anticristo.

Ngayon, nagbahaginan tayo tungkol sa tatlong pagpapamalas kung paano itinatangi ng mga anticristo ang diwa ni Cristo. Dito na natin tatapusin ang ating pagbabahaginan. May mga tanong ba kayo? (Wala.) Sige, paalam!

Nobyembre 21, 2020

Ikaapat na Ekskursus

Pagbubuod sa Karakter ng mga Anticristo at sa Kanilang Disposisyong Diwa (Unang Bahagi)

Natapos natin noong huling pagtitipon ang ating pagbabahaginan sa ikalabinlimang aytem na tungkol sa iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo. Matapos magbahaginan sa labinlimang aytem na ito, nabuod na ba ninyo ang iba't ibang pagpapamalas at diwa ng mga anticristo? Mayroon na ba kayong pangunahing konsepto at pagkaunawa sa mga ito? Kaya ba ninyong makilatis ang mga indibidwal na taglay ang diwa ng mga anticristo? (Kaya kong kilatisin ang mga medyo halatang kaso, pero nahihirapan pa rin akong makilatis ang mga medyo tuso at lihim na mapanira.) Ngayon, ibuod natin ang iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo mula sa dalawang aspekto: una, ang karakter ng mga anticristo, at ikalawa, ang kanilang disposisyong diwa. Mas madali bang makilatis ang mga anticristo mula sa dalawang aspektong ito? (Oo.) Kung kaunti lang ang pagbabahaginan natin at hindi magbibigay ng maraming halimbawa, puwedeng hindi ninyo sila makilatis; kung mas marami tayong pagbabahaginan, puwedeng maintindihan ninyo, pero maaaring mahirapan pa rin kayong ikumpara ang mga ito sa mga anticristo kapag nakikita ninyo silang gumagawa ng kasamaan. Ang pagbubuod sa kalikasang diwa ng mga anticristo at pagkilatis sa kanila mula sa dalawang aspektong ito ay makapagbibigay-linaw sa inyo.

I. Ang Karakter ng mga Anticristo

Ang unang aspekto ay ang karakter ng mga anticristo. Sa partikular, may kinalaman ang aspektong ito sa kung anong uri ng pagkatao ang taglay ng mga anticristo. Ano ang saklaw ng pagkatao? Saklaw nito ang konsensiya, katwiran, integridad, dignidad, pati na ang kabutihan at kasamaan ng pagkatao. Ang pagkilatis sa karakter ng mga anticristo ay kinasasangkutan ng iba't ibang aspekto ng pagkatao nila. Talakayin muna natin ang mga karaniwang pagpapamalas na taglay ng normal na pagkatao, o mga katangiang dapat taglayin ng normal na pagkatao. Sabihin mo sa Akin, anong partikular na nilalaman ang kabilang sa categoryang ito? (Pagkamatapat at kabaitan.) Ano pa? (Pagpapahalaga sa dangal.) Parehong napakahalaga ang pagkakaroon ng pagiging matuwid at pagpapahalaga sa dangal. (Gayundin ang pagpapakita ng pagmamahal, pagpaparaya, pagsasaalang-alang, at pagpapatawad sa iba.) Iyon din. Ibuod natin ang lahat ng ito. Ang una at pinakamahalaga, nagtataglay ang normal na pagkatao ng katangian ng pagkamatapat—positibo ba ito? (Oo.) Dagdag pa, nagtataglay ito ng kabaitan at sinseridad, at may pagkakaiba sa sinseridad at pagkamatapat pagdating sa antas. Sa palagay ninyo, ang habag ba ay isang bagay na dapat kasama sa karakter ng isang tao? (Oo.) Puwede bang maikategorya ang habag sa ilalim ng kabaitan? (Oo.) Tiyak na may

habag ang tao na may mabuting puso. Pagkatapos ay nariyan ang pagiging simple at pagpapahalaga sa dangal. Ang pagpapahalaga sa dangal ay kinabibilangan ng dignidad, kamalayan sa sarili, at katwiran. Susunod ay ang pagiging matuwid. Ano ang mga pagpapamalas ng pagiging matuwid? Kabilang dito ang pagpapahalaga sa katarungan, pagkapoot sa kasamaan, pagkamuhi sa kabuktutan, at pagkahilig sa mga positibong bagay. Kung may pagiging matuwid lang ang isang tao, kulang pa iyon; kung wala siyang pagpaparaya at pasensiya, nagsasalita nang diretsahan nang hindi isinasaalang-alang ang kalagayan o mga sitwasyon ng mga tao, hindi ayos iyon, at may kakulangan ang karakter niya sa ilang bagay. Nariyan din ang pagpaparaya at pasensiya, na parehong partikular na pagpapamalas ng kabaitan at siyempre ay puwedeng ituring bilang isang katangian. Ito ang mga katangiang dapat taglayin ng normal na pagkatao: pagkamatapat, kabaitan, sinseridad, pagiging simple, pagpapahalaga sa dangal, pagiging matuwid, at pagpaparaya at pasensiya—pito ang mga ito sa kabuuan. Ang mga katangiang ito na taglay ng normal na pagkatao ay puwedeng gamitin para sukatin kung may normal na pagkatao ang isang tao. Gayumpaman, ang paksa ng pagbabahaginan natin ngayon ay hindi tungkol sa mga partikular na pagpapamalas ng mga katangian na dapat taglayin ng normal na pagkatao o kung aling mga indibidwal ang may mga katangiang ito. Sa halip, magbabahaginan tayo sa paksang “ano ba talaga ang karakter ng mga anticristo.” Kumpara sa iba’t ibang aspekto ng normal na karakter na kababanggit lang, taglay ba ng mga anticristo ang alinman sa mga katangiang ito, o alin sa mga ito ang taglay nila? (Wala silang taglay ni isa man.) Dahil mayroon kayong gayong impresyon sa mga anticristo, ibuod natin kung anong mga elemento sa karakter ng mga anticristo ang nag-uudyok sa mga tao na ilarawan sila bilang mga anticristo, at ipakitang may masamang pagkatao sila, na wala silang normal na pagkatao, at taglay nila ang pagkatao ng mga anticristo. Kung taglay ng isang tao ang isa o dalawa sa ilang pagpapamalas ng normal na pagkatao na nabanggit kanina, puwedeng mayroon siyang kaunting normal na pagkatao. Kung taglay niya ang lahat ng ito, mayroon siyang pinakanormal na pagkatao. Pero hindi taglay ng mga anticristo ang anuman sa mga katangiang ito, kaya ano nga ba ang nilalaman ng pagkatao nila? Pagbahaginan muna natin ang aspektong ito.

A. Palagiang Pagsisinungaling

Ang unang katangian na taglay ng normal na karakter ay ang pagkamatapat. Kasama ba sa karakter ng mga anticristo ang pagkamatapat? Maliwanag na walang matapat na pagkatao ang mga anticristo; tiyak na salungat sa pagkamatapat ang kanilang pagkatao. Kaya, anong mga elemento ng abnormal na pagkatao, na salungat sa pagkamatapat, ang taglay ng mga anticristo sa kanilang pagkatao? (Madalas silang magsinungaling at manlansi ng mga tao.) Masasabi ba natin na ang madalas na pagsasabi ng kasinungalingan ay pareho sa palagiang pagsisinungaling? Hindi ba’t mas partikular ang pagbubuod na ito? Kung sasabihin natin na laging nagsisinungaling o hindi masyadong matapat ang taong ito, kulang ito sa antas. Kung gagamitin natin ang

mga pahayag na tulad ng “puno ng kasinungalingan” upang ilarawan ang kanilang karakter, hindi ito gaanong pormal. Kaya, mas angkop na gamitin ang “palagiang pagsisinungaling” upang ilarawan sila at ipahayag na hindi matapat ang pagkatao ng mga anticristo. Ang “palagiang pagsisinungaling” ang unang katangian—isang bagay na madalas na naipapamalas at naibubunyag mula sa pagkatao ng mga anticristo. Dapat ito ang maging pinakakaraniwan, madaling mapansin, at madaling makilatis na katangian na maaaring makita ng mga tao. Ngayon, sulit ba ang pagbahaginan ang tungkol sa mga partikular na pagpapamalas ng palagiang pagsisinungaling? (Oo.)

Ang pagkatao ng mga anticristo ay hindi matapat, ibig sabihin ay hindi sila nagpapakatotoo kahit kaunti. Lahat ng sinasabi at ginagawa nila ay may karumihan at nagtataglay ng sarili nilang mga intensyon at layon, at nakatago sa lahat ng ito ang kanilang mga hindi masabi at napakasamang panlalansi at pakana. Kaya naman ang mga salita at kilos ng mga anticristo ay lubos na kontaminado at punong-puno ng kawalang-katotohanan. Gaano man sila magsalita, imposibleng malaman kung alin sa kanilang mga sinasabi ang totoo, alin ang hindi totoo, kung alin ang tama, at alin ang mali. Ito ay dahil hindi sila matapat, at ang kanilang isipan ay lubhang komplikado, puno ng mga mapanlinlang na pakana at sagana sa mga panlalansi. Wala silang sinasabi nang prangkahan. Hindi nila sinasabi na ang isa ay isa, ang dalawa ay dalawa, ang oo ay oo, at ang hindi ay hindi. Sa halip, sa lahat ng bagay, paligoy-ligoy sila at pinag-iisipang mabuti nang ilang beses ang mga bagay-bagay sa kanilang isipan, pinag-aaralan ang mga kahihinatnan, tinitimbang ang mga merito at kawalan mula sa bawat anggulo. Pagkatapos, binabago nila ang gusto nilang sabihin gamit ang wika kaya lahat ng sinasabi nila ay medyo magulo sa pandinig. Ang matatapat na tao ay hindi nauunawaan kailanman ang kanilang sinasabi at madali nilang malinlang at maloko ang mga ito, at sinumang nakikipag-usap at nakikipag-ugnayan sa gayong mga tao ay napapagod at nahihirapan. Hindi nila sinasabi kailanman na ang isa ay isa at ang dalawa ay dalawa, hindi nila sinasabi kailanman ang kanilang iniisip, at hindi nila inilalarawan kailanman ang mga bagay-bagay sa kung ano talaga ang mga ito. Lahat ng sinasabi nila ay di-maarok, at ang mga layon at intensyon ng kanilang mga kilos ay napakakomplikado. Kung malantad ang katotohanan—kung mahalata sila ng ibang mga tao, at mabisto sila—agad silang nagtatahi ng isa pang kasinungalingan para makalusot. Ang ganitong uri ng tao ay madalas magsinungaling, at matapos magsinungaling, kailangan nilang magsinungaling ulit para suportahan ang kasinungalingan. Nililinlang nila ang iba para itago ang kanilang mga intensyon, at nag-iimbento sila ng lahat ng uri ng pagdadahilan at pangangatwiran para suportahan ang kanilang mga kasinungalingan, kaya hrap na hrap ang mga tao na masabi kung ano ang totoo at ano ang hindi, at hindi alam ng mga tao kung kailan sila nagsasabi ng totoo, lalo nang hindi alam ng mga ito kung kailan sila nagsisinungaling. Kapag nagsisinungaling sila, hindi sila namumula o nangingimi, na para bang nagsasabi sila ng totoo. Hindi ba’t ibig sabihin nito na palagian silang nagsisinungaling? Halimbawa, minsan tila sa tingin ay mabuti ang mga anticristo sa iba, isinasaalang-alang nila ang iba,

at nagsasalita sa kaaya-ayang paraan na parang mabait at nakakaantig. Subalit kahit na ganito sila magsalita, walang sinumang makapagsasabi kung sila ba ay taos, at palaging kailangang maghintay hanggang sa mangyari ang mga bagay-bagay pagkaraan ng ilang araw upang malantad kung taos ba sila. Palaging nagsasalita nang may partikular na mga intensyon at layon ang mga anticristo, at walang sinumang makaisip kung ano ba talaga ang hinahangad nila. Palagiang nagsisinungaling ang mga gayong tao, at hindi nila iniisip ang mga kahihinatnan ng anuman sa kanilang mga kasinungalingan. Basta't nakikinabang sila sa kanilang kasinungalingan at nagagawa nitong linlangin ang iba, basta't nakakamtan nito ang kanilang mga layon, wala silang pakialam kung ano ang mga kahihinatnan. Sa sandaling mailantad sila, patuloy silang magtatago, magsisinungaling, manlalansi. Ang prinsipyo at pamamaraan ng mga taong ito sa pag-asal at pakikitungo sa mundo ay nilalansi nila ang mga tao gamit ang mga kasinungalingan. Doble-kara sila at nagsasalita para masiyahan ang kanilang tagapakinig; ginagampanan nila ang anumang papel na hinihingi ng sitwasyon. Madulas sila at madaya, puno ng mga kasinungalingan ang kanilang bibig, at hindi sila mapagkakatiwalaan. Sinuman ang nakikipag-ugnayan sandali sa kanila ay nalilihis o nagugulo at hindi makatanggap ng panustos, tulong, o pagpapatibay. Pangit man o maganda ang mga salitang namumutawi sa bibig ng gayong mga tao, o makatwiran o kakatwa, o naaayon o di-naaayon sa pagkatao, o magaspang o sibilisado, ang mga iyon ay talagang pawang walang-katotohanan, mga salitang may karumihan, at kasinungalingan.

Sa uri ng mga tao na mga anticristo, ang isa sa kanilang mga pangunahing katangian ay palagiang pagsisinungaling. Sa pamamagitan ng kanilang wika, ng paraan ng kanilang pagsasalita, ng paraan ng kanilang pagpapahayag, ng kahulugan ng kanilang mga salita at ang intensyon sa likod ng mga iyon, makikita ng isang tao na walang normal na pagkatao ang mga taong ito, na hindi nila taglay ang mga pamantayan para sa pagkatao ng mga taong matapat. Palagiang nagsisinungaling ang mga anticristo. Higit na mas malala ang kanilang mga kasinungalingan at panlilinlang kaysa sa karamihan ng mga tao; hindi ito isang karaniwang tiwaling disposisyon, kundi ito ay naging kawalan na ng konsensiya at katwiran at ganap na pagkawala ng pagkatao. Sa diwa, ang mga taong ito ay mga demonyo; ang mga demonyo ay madalas magsinungaling at manlinlang ng mga tao sa ganitong paraan, walang totoo sa anumang sinasabi nila. Kapag nagsisinungaling ang karamihan sa mga tao, kailangan nilang imbentuhin ang kasinungalingan, kailangan nila iyong pag-isipang mabuti; ngunit ang isang anticristo ay hindi na kailangang mag-imbento ng kahit na ano, o pag-isipan ito: Ibinubuka nila ang kanilang bibig at lumalabas na ito—at bago mo pa mamalayan, nalinlang ka na. Ganoon na lang ang kanilang mga kasinungalingan at panlilinlang na ang mga taong mabagal ang reaksiyon ay maaaring abutin ng dalawa o tatlong araw bago mapagtanto ang mga bagay-bagay; saka lang nila napagtatanto kung ano ang ibig sabihin ng taong ito. Ang mga taong hindi nakauunawa sa katotohanan ay walang kakayahang kumilatis. Palagiang nagsisinungaling ang mga anticristo: Ano ang tingin mo sa karakter nilang ito? Malinaw na hindi ito isang bagay na

bahagi ng normal na pagkatao. Hindi ba't may mala-demonyo dito? Upang maging tiyak, ito ay isang malademonyong kalikasan. Ang palagiang pagsisinungaling, pagsasabi ng hindi totoo, at panlilinlang sa mga tao: natututuhan ba sa paaralan ang mga paraang ito ng paggawa sa mga bagay-bagay, o resulta ng impluwensiya ng kanilang pamilya? Parehong hindi. Ang mga bagay na ito ay kanilang likas na kalikasan, ipinanganak silang taglay na ang mga bagay na ito. Kapag tinuturuan ng mga magulang ang kanilang mga anak, walang nagtuturo sa kanilang anak na magsinungaling at manlinlang mula sa pagkabata, ni walang pumipilit sa kanila na magsinungaling o manlinlang, pero mayroon pa ring mga bata na puro mga kasinungalingan ang sinasabi sa kanilang paglaki, na hindi bakas sa kanilang mukha kahit ano pang kasinungalingan ang sabihin nila, at hindi kailanman nakararamdam ng pagsisisi, paghihirap, o bigat ng konsensiya sa mga kasinungalingang nasabi nila; sa halip, ang tingin ng mga batang ito sa kanilang sarili ay napakamautak nila, labis na matalino, pakiramdam nila ay natutuwa sila, mapagmalaki, at lihim na masaya na nagagawa nilang manloko at manlinlang ng iba gamit ang kanilang mga kasinungalingan at iba pang mga taktika. Ito ang likas na kalikasan nila. Likas na ganito ang mga anticristo. Kalikasang diwa nila na palagiang magsinungaling. Bagama't madalas silang nakikibahagi sa mga pagtitipon, at nakikinig sa mga sermon at pagbabahaginan, hindi kailanman pinagninilayan o sinusubukang kilalanin ng mga anticristo ang kanilang sarili, at kahit gaano pa karaming kasinungalingan ang sinabi nila upang lansihin ang iba, hindi sila inuusig ng kanilang konsensiya, lalong hindi nila aktibong sinusubukang hanapin ang katotohanan para sa solusyon—na nagpapatunay na sa diwa ay hindi mananampalataya ang mga anticristo. Kahit gaano pa karaming doktrina ang nagagawa nilang ituro sa mga tao, hindi nila kailanman ginagamit ang mga doktrinang ito sa kanilang sarili, hindi nila kailanman hinihimay ang kanilang sarili, at kahit gaano pa karaming kasinungalingan ang sabihin nila o mga tao ang lokohin nila, hindi nila ito kailanman ipagtatapat, sa halip ay magpapanggap, at magkukunwari, at hindi kailanman maglalakas-loob na aminin sa harap ng iba na sila ay mga mapanlinlang na tao. Maliban dito, patuloy silang nagsisinungaling at nanlilinlang ng mga tao kung sa palagay nila ay kailangan. Hindi ba't ito ang kanilang kalikasan? Ito nga, at walang paraan para baguhin iyon. Ang kalikasang ito ay hindi ang pagpapahayag ng normal na pagkatao; ang totoo, isa itong malademonyong kalikasan, ito ang disposisyon ni Satanas, ang gayong mga tao ay mga diyablo, sila ay mga demonyong nagkatawang-tao.

Ang unang pagpapamalas ng karakter ng mga anticristo ay ang palagiang pagsisinungaling, na ilalarawan natin bilang isang malademonyong kalikasan. Ang pagpapamalas ng malademonyong kalikasang ito ay na kahit saan at kahit kailan, anuman ang okasyon o sinuman ang kinakausap nila, ang mga salitang sinasabi ng mga gayong tao ay katulad ng mga sinasabi ng ahas at ng mga demonyo—hindi karapat-dapat na pagkatiwalaan. Dapat maging lubhang maingat at mapagkilatis sa mga gayong tao, huwag basta-basta maniwala sa mga salita ng mga demonyo. Ang partikular na pagpapamalas ng palagian nilang pagsisinungaling ay na basta na lang lumalabas sa

bibig nila ang mga kasinungalingan; hindi papasa sa deliberasyon, pagsusuri, o pagkilatis ang mga salitang sinasabi nila. Kaya nilang magsinungaling anumang oras, at naniniwala sila na sa lahat ng bagay, hindi sila puwedeng magsabi ng anumang totoo, na kailangang kasinungalingan ang lahat ng sinasabi nila. Kahit na tanungin mo ang edad nila, pinag-iisipan nila ito, iniisip nila, “Ano ang ibig nilang sabihin sa pagtatanong sa edad ko? Kung sasabihin kong matanda na ako, hahamakin kaya nila ako at hindi ako lilinangin? Kung sasabihin ko namang bata pa ako, hahamakin kaya nila ako, sasabihing kulang pa ako sa karanasan? Paano kaya ako dapat na sumagot?” Kahit sa gayong kasimpleng bagay, kaya pa rin nilang magsinungaling at tumangging sabihin sa iyo ang katotohanan, at ibabalik pa nga nila sa iyo ang tanong, “Ano sa tingin mo?” Sasabihin mo, “Limampung taong gulang?” “Malapit na.” “Apatnapu’t lima?” “Malapit na.” Binibigyan ka ba nila ng tumpak na sagot? Mula sa mga sagot nila, nalalaman mo ba kung gaano na sila katanda? (Hindi.) Iyon ang palagiang pagsisinungaling.

May isa pang pagpapamalas ng palagiang pagsisinungaling ng mga anticristo, at iyon ay na nagsisinungaling pa sila habang nagpapatotoo. Ang pagbibigay ng huwad na patotoo ay isang kasumpa-sumpang gawain na sumasalungat sa disposisyon ng Diyos. Kahit sa usapin ng nagpapatotoo, naglalakas-loob silang mag-imbento, magsinungaling, at manlansi, na talaga namang nagpapakita ng pagiging walang pakialam sa mga kahihinatnan at ng kanilang hindi nagbabagong kalikasan! Kapag nakikita nilang nagpapatotoo ang iba batay sa karanasan at pagkaunawa samantalang hindi nila kaya, ginagaya nila ang iba, sinasabi kung anuman ang sinasabi ng ibang tao at gumagawa ng parehong mga karanasang pinagdaanan ng iba. Kung hindi nila nauunawaan ang isang bagay tulad ng pagkaunawa ng iba, sinasabi nilang nauunawaan nila ito. Kung wala silang mga gayong pagkaunawa na batay sa karanasan at kaliwanagan, iginigiit nila na mayroon sila ng mga ito. Kahit hindi pa sila dinidisciplina ng Diyos, iginigiit nila na dinidisciplina na sila ng Diyos. Kaya nilang magsinungaling at mameke kahit sa usaping ito, hindi sila nagpapakita ng malasakit o interes gaano man kalala ang mga kahihinatnan. Hindi ba’t palagiang pagsisinungaling ito? Bukod dito, lalansihin ng mga ganitong tao ang kahit na sino. May ilang puwedeng magtaka, “Ano’t anuman, mga tao pa rin ang mga anticristo: Hindi ba’t iiwasan nilang lansihin ang mga pinakamalapit sa kanila, ang mga tumulong sa kanila, o ang mga nakasama nila sa kanilang mga paghihirap? Hindi ba’t iiwasan nilang lansihin ang mga kapamilya nila?” Ang pagsasabing palagian silang nagsisinungaling ay nagpapahiwatig na kaya nilang lansihin ang kahit na sino, kahit ang kanilang mga magulang, anak, at, siyempre, ang mga kapatid. Sa malalaki at maliliit na bagay, kaya nilang lansihin ang mga tao, kahit sa mga bagay kung saan dapat silang magsalita nang matapat, kung saan ang pagsasabi nang matapat ay walang magiging masamang kahihinatnan o epekto sa kanila sa kahit anong paraan, at kung saan wala namang pangangailangang gumamit ng karunungan. Nilalansi rin nila ang mga tao at gumagamit sila ng mga kasinungalingan para resolbahin ang maliliit na bagay na sa pananaw ng iba ay hindi naman nangangailangan ng pagsisinungaling, kung saan

magiging madali at walang kahirap-hirap para sa kanila na magsalita nang diretsahan. Hindi ba't palagiang pagsisinungaling ito? Masasabing ang palagiang pagsisinungaling ay isa sa mga pangunahing pagpapamalas ng mga diyablo at ni Satanas. Mula sa perspektibang ito, hindi ba't masasabi natin na ang pagkatao ng mga anticristo ay hindi lang hindi matapat, kundi namamarkahan din ng palagiang pagsisinungaling, kaya hindi ito mapagkakatiwalaan? (Oo, masasabi natin.) Kung gumagawa ng mali ang mga gayong indibidwal, pagkatapos ay lumuha matapos silang pungusan at punahin ng mga kapatid, sinasabi sa panlabas na may utang na loob sila sa Diyos, at nangangako silang magsisisi sa hinaharap, mangangahas ka bang maniwala sa kanila? (Hindi.) Bakit hindi? Ang pinakamatibay na ebidensiya ay ang palagian nilang pagsisinungaling! Kahit pa magmukha silang nagsisisi, humahagulhol, hinahampas ang dibdib nila, at sumusumpa, huwag silang paniwalaan, dahil luha ng buwaya ang iniluluha nila, mga luha para lansihin ang mga tao. Hindi taos-puso ang malulungkot at nagsisising mga salitang sinasambit nila; mga mapagsamantalang taktika ito para makuha ang tiwala ng mga tao sa pamamagitan ng pandaraya. Sa harap ng mga tao, humahagulhol, umaamin ng kasalanan, sumusumpa, at ipinapaalam nila ang kanilang posisyon. Gayumpaman, ang mga may magandang relasyon sa kanila sa pribado, ang mga medyo pinagkakatiwalaan nila, ay nag-uulat ng ibang kuwento. Habang parang mukhang totoo sa panlabas ang pampubliko nilang pag-amin ng kasalanan at pagsumpa na magbabago, ang sinasabi nila kapag walang ibang nakakarinig ay nagpapatunay na ang sinabi nila dati ay hindi totoo kundi huwad, na idinisenyo para linlangin ang mas maraming tao. Ano ang sinasabi nila kapag walang ibang nakakarinig? Aaminin ba nila na huwad ang sinabi nila dati? Hindi, hindi nila aaminin. Magpapakalat sila ng pagkanegatibo, maglalahad ng mga argumento, at pangangatwiran ang sarili nila. Ang pangangatwiran at pakikipag-argumentong ito ay nagpapatunay na ang kanilang mga pag-amin, pagsisisi, at panunumpa ay pawang huwad, ginawa para lansihin ang mga tao. Mapagkakatiwalaan ba ang mga gayong tao? Hindi ba't palagiang pagsisinungaling ito? Kaya pa nga nilang mag-imbento ng mga pag-amin, huwad na lumuha at mangakong babaguin ang mga gawi nila, at maging ang panunumpa nila ay isang kasinungalingan. Hindi ba't isa itong malademonyong kalikasan? Kahit pa sabihin nila, "Ito lang ang nauunawaan ko; hindi ko na alam ang iba, at humihingi ako ng kaliwanagan ng Diyos at umaasa ako sa tulong ng mga kapatid para unti-unti akong magkamit ng pagkaunawa," ito ay magiging isang matapat na saloobin at pahayag. Gayumpaman, hinding-hindi makakapagsalita ng mga gayong matapat na salita ang mga anticristo. Pakiramdam nila, "Hahamakin ako ng mga tao kung magsasalita ako nang matapat: masisira ang reputasyon ko at mapapahiya ako—hindi ba't tuluyan nang mawawala ang katanyagan ko? Sino ba ako? Puwede ba akong tumanggap ng pagkatalo? Kahit hindi ko nauunawaan, dapat magpanggap akong nakakaunawa nang husto; dapat ko munang lansihin ang mga tao at patatagin ang posisyon ko sa puso nila." Hindi ba't isa itong pagpapamalas ng mga anticristo? Mula sa pinagmulan at paraan ng pananalita ng mga anticristo, pati na rin sa mga salitang

binibigkas nila, malinaw na hindi kailanman magiging matapat ang mga gayong tao; hindi nila ito kaya. Dahil likas sa karakter nila ang palagiang pagsisinungaling, nais nilang lansihin ang mga tao at itago ang mga usapin sa lahat ng bagay, ayaw nilang malaman o makita ng sinuman ang mga totoong katunayan o aktuwal na sitwasyon. Labis na madilim ang kaloob-looban nila. Ang aspektong ito ng karakter ng mga anticristo ay puwedeng mailarawan nang may katiyakan bilang walang pagkatao at may taglay na malademyong kalikasan. Kusang lumalabas ang mga kasinungalingan sa bibig nila, nang hindi na pinag-iisipan pa, hanggang sa puntong kahit sa pagtulog nila, wala silang sinasabing anumang totoo—pawang panlalansi ito, pawang kasinungalingan. Ito ang palagiang pagsisinungaling.

Walang pagkamatapat ang karakter ng mga anticristo. Kahit hindi sila nagsasalita, sa puso nila ay nag-iisip sila kung paano manlansi, mandaya, at manlihis ng mga tao—kung sino ang ililihis nila, ano ang sasabihin kapag gusto nilang ilihis ang mga tao, anong pamamaraan ang gagamitin para simulan ang usapan, at aling mga halimbawa ang gagamitin para mapaniwala ang mga tao. Anuman ang kanilang sabihin o isipin, wala silang kinikimkim na matapat na saloobin, mga matapat na opinyon, o mga matapat na kaisipan sa puso nila. Ang bawat sandali ng kanilang buhay, bawat segundo, ay ginugugol sa isang kalagayan ng pagnanais na lansihin at paglaruan ang mga tao. Sa bawat segundo at sandali ay iniisip nila kung paano manlansi, paano manlihis, at paano mandaya ng iba, at inookupa ng mga kaisipang ito ang isipan at kaibuturan ng kanilang puso. Hindi ba't ito ang kalikasan nila? Kaya bang maunawaan ng mga ganitong tao ang katotohanan kapag nakikinig sila ng mga sermon o kapag nagbabasa sila ng mga salita ng Diyos? Kahit pa nauunawaan nila, kaya ba nilang isagawa ito? (Hindi.) Batay sa kaibuturan ng kanilang puso at karakter, tiyak na hindi makakatanggap ng kaligtasan ang mga gayong indibidwal, sapagkat ang lahat ng kanilang minamahal at iniisip sa kanilang isipan at panloob na mundo ay puno ng malademyong kalikasan, salungat sa katotohanan at mga positibong bagay, na wala ni isang bahaging kapuri-puri. Kaya, tiyak ba ang katangian ng palagiang pagsisinungaling sa pagkatao ng mga anticristo? (Oo.) Hindi nagsasagawa ng anumang katotohanan ang mga taong palagiang nagsisinungaling. Ano ang mga kahihinatnan nito? Ano ang mga tiyak na pagpapamalas ng isang tao na hindi nagsasagawa ng anumang katotohanan? Kaya ba niyang kumilos nang padalos-dalos? Magagawa ba niyang maging arbitraryo at maging sarili niyang batas? Kaya ba niyang magtatag ng mga nagsasariling kaharian? Kaya ba niyang waldas ang mga handog? Kaya ba niyang ilihis ang mga tao? Kaya ba niyang makuha ang loob ng mga tao? Kaya niyang gawin ang lahat ng ito. Ito ay isang tipikal na anticristo—palagi siyang nagsisinungaling. Kapag nalantad na ang mga katunayan, kahit gaano karaming mata ang nakamasid sa kanya, kahit gaano karaming tao ang sama-samang nagpapatotoo at naglalandad sa kanya, tumatanggi siyang aminin ito. Sa huli, gumagamit siya ng isang taktika para pakitunguhan ka, sinasabing nakalimutan na niya at nagpapanggap siyang walang alam. Sa puntong ito, sa ganitong sitwasyon, hindi siya makapagsalita ng kahit

isang matapat na salita, ni hindi rin niya magawang tumango at aminin ito, na sabihing, “Ako iyon, nagkamali ako, magbabago ako sa susunod, at tiyak na hindi ko na uulitin ang gayong pagkakamali.” Isa itong anticristo, na hindi kailanman umaamin ng kasalanan, hindi kailanman nagsasalita ng matapat na salita sa anumang oras. Maliligtas ba siya sa gayong uri ng pagkatao? Makakamtan ba niya ang katotohanan? Talagang hindi. Kahit nauunawaan niya ang katotohanan, hindi niya ito makakamtan dahil tinatanggihan, nilalaban, at sinasalungat niya ang katotohanan. Sa pinakapangunahing antas ng pagsasalita nang matapat at pag-amin ng sariling mga pagkakamali, hindi man lang niya kayang isagawa ang pinakasimpleng katotohanang ito o gawin ito. Paano siya maaasahang bumitiw sa katayuan niya, bumitiw sa kanyang kinabukasan at kapalaran, at bumitiw sa sarili niyang mga intensyon? Kaya ba niyang bitiw ang mga ito at maghimagsik laban sa mga ito? Mas hindi niya kayang gawin ito. Kung hindi nga niya kayang magsabi ng isang totoong bagay, kung gayon, ang asahang gagawa siya ng isang bagay na mas mahirap kaysa rito ay lalong hindi makatotohanan.

May mga tao ba sa paligid ninyo na palagiang nagsisinungaling? Puwedeng sabihin ng ilan, “Wala pa akong nakilala na palagiang nagsisinungaling, pero pakiramdam ko na ganoon ako.” Sasabihin Ko sa iyo ang totoo; nasa mapanganib kang sitwasyon. May natitira pa bang bakas ng pagkatao ang mga taong palagiang nagsisinungaling? May pagkakaiba pa ba sila sa mga demonyo? Mayroon ba sa inyo na palagiang nagsisinungaling? Ipagpalagay natin na, sa kahit anong kapaligiran o konteksto, kahit anong mangyari, likas na ang pagsisinungaling sa isang tao, nang hindi man lang namumula ang mukha niya o bumibilis ang tibok ng puso niya, at kaya niyang harapin at resolbahin ang lahat ng ito gamit ang mga kasinungalingan. Sa kanyang pag-asal at pakikitungo sa mundo, at sa bawat aspekto ng buhay, hangga’t may pagkakataong magsalita, lahat ng sinasabi niya ay kasinungalingan, wala ni isang salita ang totoo. Lahat ng ito ay may dala-dalang mga intensyon at pakay at may kasamang mga pakana ni Satanas. Hindi ito isang tao na matapat. Ang kakayahang magsinungaling sa anumang sitwasyon, kahit nasa biniting ng kamatayan—hindi ba’t isa siyang tao na wala nang pag-asa? Batay sa iba’t ibang pagpapamalas ng palagiang pagsisinungaling ng mga anticristo, sadyang napakaraming kasinungalingan nila. Ang layunin ng pagsasalita nila ay lansihin, ilihis, at linlangin ang mga tao. Lahat ng salita nila ay puno ng mga pakana at intensyon ni Satanas, walang anumang pagpapamalas ng pagkamatapat na bahagi ng normal na pagkatao. Masasabi na ang mga anticristo ay ganap na walang katangian ng pagkamatapat na bahagi ng normal na pagkatao. Ang mga tao na walang pagkamatapat at may kakayahang palagiang magsinungaling ay inilalarawan bilang may malademonyong kalikasan—mga demonyo sila. Hindi madaling maligtas ang mga gayong tao, dahil hindi nila tinatanggap ang katotohanan at nahihirapan silang tanggapin ito.

B. Lihim na Mapanira at Malupit

Maliban sa palagiang pagsisinungaling, ano pa ang ibang mga pagpapamalas ng mga anticristo? Kakatapos lang nating magbahaginan tungkol sa mahahalagang katangian ng kabaitan at sinseridad sa normal na pagkatao, at napakalinaw na ganap na wala sa mga anticristo ang mga katangiang ito. Tiyak na wala sa mga anticristo ang anumang likas na taglay ng normal na pagkatao; ang taglay lang nila ay mga bagay na salungat sa normal na pagkatao, mga negatibong bagay. Kaya, ano ang kabaligtaran ng kabaitan at sinseridad? (Pagiging lihim na mapanira at malupit.) Mismo, tumpak na tumpak ang sinabi mo—ito ay pagiging lihim na mapanira at malupit. Walang mga katangiang tulad ng kabaitan at sinseridad ang mga anticristo, at sa halip, taglay nila ang mga elemento ng pagiging lihim na mapanira at malupit, na kabaligtaran ng kabaitan at sinseridad. May kaugnayan ba ang pagiging lihim na mapanira at malupit sa palagiang pagsisinungaling na tinalakay natin kanina? (Mayroon.) Mayroong tiyak na ugnayan. Paano ipinapamalas ng mga anticristo ang pagiging lihim na mapanira at malupit nila? (Sa abilidad nilang mag-imbento ng mga kasinungalingan at idiin ang iba.) Ang pag-imbento ng kasinungalingan at pagdidiin sa iba ay kinasasangkutan ng palagiang pagsisinungaling at pagiging lihim na mapanira at malupit; mahigpit na magkaugnay ang dalawang katangiang ito. Halimbawa, kung gumawa sila ng kasamaan at ayaw nilang managot dito, lumilikha sila ng huwad na anyo, nagsisinungaling, at pinapaniwala nila ang mga tao na iba ang gumawa nito, hindi sila. Ipinapasa nila ang sisi sa iba, at ipinapapasan sa iba ang mga kahihinatnan. Hindi lang ito buktot at ubod ng sama, kundi higit pa itong lihim na mapanira at malupit. Ano ang iba pang pagpapamalas ng pagiging lihim na mapanira at malupit ng mga anticristo? (Kaya nilang pahirapan, atakihin, at gantiyan ang mga tao.) Kalupitan ang magawang pahirapan ang mga tao. Sinuman ang maging banta sa kanilang katayuan, reputasyon, o katanyagan, o sinumang hindi nila pinapaboran, gagawin nila ang lahat para atakihin at gantiyan ang mga ito. Minsan, puwede pa nilang gamitin ang iba para manakit ng mga tao—ito ay pagiging lihim na mapanira at malupit. Sa madaling salita, ang pariralang “lihim na mapanira at malupit” ay nagpapahiwatig na partikular na mapaminsala ang mga anticristo. Hindi batay sa konsensiya ang paraan nila ng pakikitungo at pakikisalamuha sa mga tao, at hindi sila magkakasundo na namumuhay nang may pagkakapantay-pantay kasama ang iba; sa halip, sa bawat pagkakataon ay sinusubukan nilang samantalahin, kontrolin, at manipulahin ang iba para sa sarili nilang gamit. Hindi normal o tuwiran ang paraan ng pakikitungo ng mga anticristo sa iba; sa halip, gumagamit sila ng ilang gawi at pamamaraan para ilihis ang mga tao, samantalahin sila, at gawin silang sandata nang di-halata nang hindi nila namamalayan. Sa pakikitungo ng mga anticristo sa sinuman, mukha man itong maganda o masama sa panlabas, walang kahit kaunting sinseridad dito. Lumalapit sila sa mga tao na sa tingin nila ay kapaki-pakinabang at dumidistansiya sila sa mga taong itinuturing nilang walang silbi, hindi sila pinapansin ng mga anticristo.

Kahit sa mga indibidwal na medyo totoo o bulnerable, nag-iisip sila ng mga paraan para gumamit ng iba't ibang gawi at pamamaraan para ilihis at bitagin ang mga tao, ginagawang kapaki-pakinabang ang mga ito para sa kanilang sarili. Pero kapag mahina, nahihirapan, o nangangailangan ng tulong ang mga tao, ang mga anticristo ay nagbubulag-bulagan at walang malasakit sa kanila. Hindi sila kailanman nagpapakita ng pagmamahal o nag-aalok ng tulong sa mga gayong tao; sa kabaligtaran, may hilig pa silang mang-api, manlihis, at mag-isip ng mga paraan para lalo pang samantalahin ang mga tao. Kung hindi masamantala ng mga anticristo ang mga tao, isinasantabi nila ang mga ito at hindi sila nagpapakita ng pagmamahal o simpatiya para sa mga ito—mayroon bang anumang bahid ng kabaitan dito? Hindi ba't isa itong pagpapamalas ng pagiging mapaminsala? Ang pamamaraan at pilosopiya ng pakikisalamuha ng mga anticristo sa mga tao ay ang paggamit ng mga pakana at estratehiya para samantalahin at lansihin ang mga tao, para hindi sila makilatis ng mga tao, bagkus ay maging handa ang mga ito na magpaalipin sa mga anticristo at palaging sumunod sa kanilang kagustuhan. Puwede nilang apihin at pahirapan ang mga taong nakakakilatis sa kanila at hindi na nila masamantala. Puwede pa nilang kaswal na isisi ang kasalanan sa mga taong ito, na nagiging dahilan para talikuran ng mga kapatid ang mga ito, at pagkatapos ay pinapataksik o pinapaalis ang mga ito ng mga anticristo. Sa madaling salita, lihim na mapanira at malupit ang mga anticristo, lubos na walang kabaitan at sinseridad. Hindi sila kailanman tunay na tumutulong sa iba, walang ipinapakitang simpatiya o pagmamahal kapag may mga taong nahaharap sa mga paghihirap. Sa mga pakikisalamuha nila, nagpapakana sila para sa sarili nilang benepisyo at kapakinabangan. Sinuman ang lumapit sa kanila o humingi ng tulong sa oras ng kagipitan, lagi silang nagkakalkula tungkol sa taong iyon, iniisip nila sa kanilang puso: “Kung tutulungan ko ang taong ito, ano ang mapapakinabangan ko sa hinaharap mula sa kanya? Matutulungan ba nila ako? Magagamit ko ba sila? Ano ba ang mapapala ko sa kanila?” Hindi ba't makasarili at ubod ng sama na palagi silang nag-iisip tungkol sa mga bagay na ito? (Oo.) Sa mga halalan sa iglesia, anong mga pamamaraan ang gagamitin ng mga anticristo? (Mamaliitin nila ang iba at iaangat ang sarili nila, pinapabagsak ang mga mas magaling kaysa sa kanila.) Ang pagmamaliit sa iba at pag-aangat sa sarili ay pagiging lihim na mapanira at malupit din. Puwede ring gumamit ang mga anticristo ng maliliit na pabor para maakit ang mga tao at magmayabang tungkol sa mga kontribusyon nila para makakuha ng respeto at makasiguro ng mga boto. Ano pa? (Hindi nila kayang suriin ang mga kandidato nang patas at walang kinikilingan; ipinapasok nila ang sarili nilang pagkiling at ang sarili nilang pagtatangi.) Kasama rito ang pag-imbento ng mga kasinungalingan para siraan ang iba. Maraming partikular na pagpapamalas ng pagiging lihim na mapanira at malupit ng mga anticristo ang napagbahaginan na noon. Ang pagiging lihim na mapanira ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng napakaraming pagpapakana, at ang prinsipyo nila sa pag-asal, pakikitungo sa mundo, at paggawa ng anumang bagay ay nakaasa sa estratehiya—walang sinseridad, may pagiging huwad at panlalansi. Ang pagiging

malupit ay tumutukoy sa pagiging malupit at kawalang-awa sa mga pamamaraan nila ng pagkilos, pagiging walang habag, walang damdamin ng tao, ipinapahamak ang iba, at handa silang maisakatuparan ang mga pakay nila kahit na may masaktan—ito ang pagiging malupit, at ito ay direktang salungat sa kabaitan ng tao. Kung ang isang tao ay may kabaitan sa pagkatao niya, kapag nahaharap sa mga ordinaryong usapin, magiging maluwag siya sa iba hangga't maaari, at patatawarin niya ang mga tao. Ang isang taong ganito ay mapagparaya sa mga isyu at pagkakamali ng ibang tao, hindi siya maselan, at nagiging maunawain kapag kaya niya. Bukod dito, mahabagin siya at, kapag nakikita niya na nahihirapan ang iba, handa siyang tumulong, natutuwa siyang tumulong sa iba at itinuturing niya ang pagpapatibay sa iba bilang isang personal na responsabilidad—ito ay kabaitan. Mayroon bang ganitong katangian ang mga anticristo? (Wala.) Naniniwala sila, “Kung nahihirapan ka at tinulungan kita, may kapalit iyon. Kung bibigyan kita ng mga pakinabang, ano ang mapapala ko mula rito? Kung makikisimpatiya ako sa iyo, sino ang makikisimpatiya sa akin? Kung tutulungan kita, maaalala mo ba ang kabaitan ko? Kung hinihiling mong isakripisyo ko ang sarili ko para tulungan ka, nananaginip ka lang! Ano bang relasyon natin? Anong pakinabang ang maibibigay mo sa akin? Natulungan mo na ba ako dati? Sino ka ba? Karapat-dapat ka bang tulungan? Kung anak ka ng hari o anak ka ng mayamang tao, baka magdulot ng kaluwalhatian o pakinabang sa akin ang pagtulong sa iyo. Pero hindi ka naman ganoon. Bakit kita tutulungan? Ano ang makukuha kong mga pakinabang sa pagtulong sa iyo?” Ganito sila mag-isip kapag nakikita nila ang isang taong nahihirapan, mahina, o nangangailangan ng tulong. Pagiging mabait ba ito? Kapag nakakakita ang mga taong ito ng isang taong mahina ang kalagayan, hindi lamang nila pinagtatawanan at kinukutya ang mga ito, kundi nagtatantiya pa sila sa puso nila. Nakikita pa ito ng ilan bilang isang pagkakataong magpakitang-gilas o makuha ang loob ng taong iyon. Hindi pagiging mabait ang alinman sa mga ito. Madalas na sinasamantala ng mga anticristo ang mga gayong pagkakataon para magpakitang-gilas. Hindi sila kikilos maliban kung may pakinabang, maliban kung may pakay at motibasyon sila. Kung tutulong sila sa isang tao, gusto nilang maging kaalyado ito. Kung tutulong at makikisimpatiya sila sa dalawang tao, gusto nilang makakuha ng dalawang kaalyado, para makakuha sila ng dalawang kanang kamay. Kung hindi, hindi sila kikilos, at siguradong hindi sila magpapakita ng pagmamahal sa mga nangangailangan ng tulong.

Ang pangunahing pagpapamalas ng pagiging lihim na mapanira at malupit ng mga anticristo ay na may partikular na malinaw na pakay sa lahat ng kanilang ginagawa. Ang unang bagay na iniisip nila ay ang sarili nilang mga interes; at ang mga pamamaraan nila ay kasuklam-suklam, magaspang, karumal-dumal, mababang-uri, at kahina-hinala. Walang sinseridad sa paraan ng paggawa nila ng mga bagay-bagay, at sa paraan ng pagtrato nila sa mga tao at ang mga prinsipyong ipinanttrato nila sa mga ito. Ang paraan ng pakikitungo nila sa mga tao ay ang samantalahin at paglaruan ang mga ito, at kapag wala nang silbi ang mga tao sa kanila, ibinabasura nila ang mga ito. Kung may silbi ka sa kanila, nagkukunwari silang may malasakit sa iyo: “Kumusta ka na?”

Nagkaroon ka ba ng anumang paghihirap? Matutulungan kitang lutasin ang mga paghihirap mo. Sabihin mo sa akin kung mayroon kang anumang problema. Nandito ako para sa iyo. Napakasuwerte naman natin na may mabuti tayong samahan!” Tila napakamaasikaso nila. Pero kapag dumating ang araw na wala ka nang anumang silbi sa kanila, aabandonahin ka nila, itatapon ka nila sa isang tabi at babalewalain ka, na parang ni hindi ka nila kailanman nakilala. Kapag talagang nagkakaproblema ka at hinahanap mo sila para humingi ng tulong, biglang nagbabago ang kanilang ugali, hindi na ganoon kabait-pakinggan ang kanilang mga salita gaya noong una silang nangako sa iyo na tutulungan ka nila—at bakit ganito? Ito ay dahil wala ka nang silbi sa kanila. Dahil dito, hindi ka na nila pinapansin. At hindi lang iyon: Kapag nalaman nilang may mali kang nagawa o may nakita silang bagay na magagamit nila laban sa iyo, nagiging malamig at mapang-uyam sila sa iyo, at baka nga kondenahin ka pa nila. Anong palagay mo sa pamamaraang ito? Pagpapamalas ba ito ng kabaitan at sinseridad? Kapag nagpapamalas ang mga anticristo ng ganitong uri ng pagiging lihim na mapanira at malupit sa kanilang pakikitungo sa iba, may anumang bakas ba ng pagkatao rito? Mayroon ba silang katiting na sinseridad sa mga tao? Walang-wala. Lahat ng ginagawa nila ay para sa sarili nilang pakinabang, pride, at reputasyon, para mabigyan ang kanilang sarili ng katayuan at katanyagan sa ibang mga tao. Sa lahat ng nakikilala nila, kung masasamantala nila ang mga ito, gagawin nila. Ang mga hindi nila kayang samantalahin, minamata nila at hindi nila pinapansin; kahit na ikaw pa ang mismong lumapit sa kanila, hindi ka nila papansinin, at hindi ka man lang titingnan. Pero kapag dumating ang araw na kailangan ka na nila, biglang nagbabago ang kanilang pakikitungo sa iyo, at nagiging napakamaasikaso at napakamagiliw nila, na ikinalilito mo. Bakit nagbago ang pakikitungo nila sa iyo? (Dahil may silbi ka na sa kanila ngayon.) Tama iyon: Nang makita nilang may silbi ka, nagbabago ang kanilang pakikitungo. May mga gayong tao ba sa paligid ninyo? Kapag nakikisalamuha ang mga taong ito sa iba, hindi agad halatang may ginagawa silang halatang masama. Sa pang-araw-araw nilang mga ekspresyon, pananalita, at asal, tila wala ring anumang halatang isyu. Gayumpaman, kung pagmamasdan mong mabuti kung paano sila nakikisalamuha sa mga tao, lalo na kung paano sila nakikisalamuha sa pinakamalalapit sa kanila at mga pinakamamahal nila, kung makikita mo kung paano nila sinasamantala at kung paano nila tinatrato ang iba pagkatapos, kung gayon, sa pamamagitan nito ay makikita mo ang mga intensyon, saloobin, at pamamaraan ng mga anticristo sa mga pakikisalamuha nila sa iba. Lahat sila ay naghahanap lang ng pansariling kapakinabangan, namumuhay ayon sa pilosopiya ni Satanas, at walang anumang normal na pagkatao.

Nagtataglay ang mga anticristo sa pagkatao nila ng mga katangiang tulad ng pagiging lihim na mapanira at malupit. Puwede ba nilang makasundo ang mga taong matapat, mabait, at sinsero sa pakikitungo nila sa mga tao at mga bagay? Gusto ba nilang mapalapit sa mga gayong tao? (Hindi, hindi nila gusto.) Paano nila tinitingnan ang mga taong ito? Sinasabi nila, “Pawang malalaking hangal ang mga taong ito, at napakadirekta

ng pananalita nila. Dapat kang mag-isip nang mabuti bago magsalita—bakit ka nagsasalita nang napakamatapat? Bakit palaging napakasimple ng pananalita mo?” Nakakaawang hangal ang mga taong ito para sa mga anticristo, at hinahamak sila ng mga anticristo. Kapag nakakakita ang mga taong ito ng isang taong mabait at pinapakitunguhan ang mga tao nang sinsero, taos-pusong tinutulungan ng mga taong ito ang taong iyon kapag nahihirapan at nangangailangan ng tulong, at umaasa ang mga taong ito sa ikabubuti ng taong iyon at nais nilang bigyan ng mga benepisyo, tulong, at pagpapatibay—ang tingin ng mga anticristo sa mga taong ito ay hangal at mangmang. Hindi naniniwala ang mga anticristo na ang mga positibong elementong ito ng pagkatao ay mabubuti o magagandang bagay na dapat taglayin ng mga tao. Sa halip, sa puso nila, nararamdaman nila ang pagkamuhi, pagkasuklam, at paghamak sa mga katangiang ito na mahalaga sa normal na pagkatao. Tinatawag nilang hangal ang matatapat na tao; ganoon din ang tawag nila sa mababait na tao, at lalo na sa mga sinserong tao. Ang mga nananampalataya sa Diyos nang may relatibong pagkamatapat, at gumagawa ng mga tungkulin nila nang may relatibong pagkamatapat, na may mabuting puso at hindi kailanman nananakit o namiminsala ng ibang tao, na nagmamahal at nakikisimpatiya sa iba, na kayang talikuran ang sarili nilang mga pakinabang at malampasan ang sarili nilang mga suliranin para tumulong sa iba, na nakakaramdam ng pasanin at pananagutan kapag nakikita ang mga mahina at nangangailangan ng tulong—nagkikimkim ng higit pang paghamak ang mga anticristo sa mga taong ito sa kaibuturan nila. Tungkol naman sa mga taong may medyo sinsero na pananalig sa Diyos, na mayroong may-takot-sa-Diyos na puso, na tumatanggap sa pagsisiyasat ng Diyos sa lahat ng bagay, na kayang gampanan ang mga tungkulin nila nang may sinseridad, katapatan, at pananagutan, at ang mga humaharap sa mga tungkulin nila nang may sinserong saloobin—hinahamak at kinamumuhian ng mga anticristo sa kaibuturan nila ang mga gayong indibidwal, halatang iniwasan at nilalayuan nila ang mga ito sa panlabas. Sa mata ng mga anticristo, hindi talaga positibo ang lahat ng positibong elementong ito na mahalaga sa normal na pagkatao: Hindi karapat-dapat na purihin o iangat ang mga ito. Sa halip, naniniwala ang mga anticristo na kahanga-hanga ang sarili nilang mga pakana, estratehiya, panloob na pamamaraan ng pakikitungo sa mga tao, at kalupitan. Sa lahat ng oras, anuman ang ginagawa nila, pinag-iisipan at pinipino nila ang kanilang mga pamamaraan at pakana sa isipan nila. Hindi alintana ang laki ng usapin, naniniwala silang mahalaga at kinakailangang kumilos sa ganitong paraan; kung hindi, magdudulot ito ng mga kawalan at pinsala sa reputasyon nila. Dahil umiiral ang mga elementong ito sa pagkatao ng mga anticristo, kaya ba nilang tanggapin ang katotohanan? Maisasagawa ba nila ang katotohanan? Talagang hindi. Paano mo man bigyang-diin ang pagkamatapat, kabaitan, at iba pang positibong bagay, na hinihingi sa mga tao na taglayin ang mga aspektong ito at tratuhin ang mga tao, tratuhin ang mga tungkulin nila, at harapin ang iba’t ibang usapin ayon sa positibong pagkataong ito, sa kaibuturan ng puso ng mga anticristo, may pagtangga, paghamak, at pagkamapanlaban sa mga bagay na ito. Bakit? Dahil ganap na wala ng mga gayong positibong bagay ang

mga anticristo; ang taglay nila sa kanilang diwa ay isang katangian ng pagiging lihim na mapanira at malupit, na sa isang malademonyong kalikasan. Mayroon bang agwat sa pagitan ng katangiang ito at ng pagiging matapat, mabait, at sinsero, na gaya ng hinihingi ng Diyos? Hindi lang may agwat sa pagitan ng dalawa, kundi magkasalungat mismo ang mga ito—dalawang katangiang magkaibang-magkaiba ang kalikasan. Mayroon bang kahit alinman sa mga pagpapamalas at pagbubunyag ng pagiging lihim na mapanira at malupit ng mga anticristo na umaayon sa normal na pagkatao? Umaayon ba ito sa katotohanan? Tiyak na hindi; mga plano at pakana ni Satanas ang lahat ng ito. Ang kalikasang ipinapamalas sa mga plano at pakana ni Satanas ay mismong pagiging lihim na mapanira at malupit, mga elementong hindi dapat umiiral sa normal na pagkatao gaya ng hinihingi ng Diyos. Batay sa iba't ibang pagpapamalas ng pagiging lihim na mapanira at malupit na napagbahaginan na, isaalang-alang kung may mga tao sa paligid ninyo na may gayong pagkatao. Ang mga anticristo, na may ganitong lihim na mapanira at malupit na katangian, ay tiyak na kayang kumilos. Ang mga kilos nila ay makikita, maririnig, at maaabot ng iba. Kung maaabot ang mga ito, dapat maramdaman ng mga tao ang mga ito at magawa nilang makilala at makilatis ang mga gayong indibidwal. Ang lihim na mapanira at malupit na karakter ng mga anticristo ay dapat na isang pangkaraniwan at halatang pagpapamalas. Hindi ito isang nakatagong ideya, kaisipan, o intensyon, kundi ang bunyag na pagkatao nila at ang mga pamamaraan, gawi, at estratehiya ng mga kilos nila. Dapat kayang mapansin ng mga tao ang aspektong ito.

C. Walang Pagpapahalaga sa Dangal at Walang Kahihiyan

May kasimplehan sa normal na pagkatao, pero mga simpleng tao ba ang mga anticristo? Maliwanag na hindi. Taliwas sa kasimplehan ang pagiging lihim na mapanira, malupit, at ang palagiang pagsisinungaling na napagbahaginan natin. Madaling maunawaan ang kasimplehan, kaya hindi na natin ito pagbabahaginan. Pagbahaginan natin ang pagkakaroon ng pagpapahalaga sa dangal. Ang pagkakaroon ng pagpapahalaga sa dangal ay isang bagay na dapat mayroon sa normal na pagkatao; pagkakaroon ng katwiran ang ibig sabihin nito. Ano ang kabaligtaran ng pagkakaroon ng pagpapahalaga sa dangal? (Walang kahihiyan.) Ang kahulugan ng pagiging walang kahihiyan ay ang pagiging makapal ang mukha. Sa madaling salita, maaari itong ibuod bilang kawalan ng pagpapahalaga sa dangal. Anong mga kilos ang ginagawa ng mga anticristo, at ano ang mga partikular na pagpapamalas o pagsasagawa na nagpapakita na wala silang pagpapahalaga sa dangal at walang kahihiyan? Lantarang nakikipag-agawan ang mga anticristo sa Diyos para sa katayuan, na nagpapakita ng kawalan ng pagpapahalaga sa dangal at walang kahihiyan. Tanging ang mga anticristo ang nakakagawa na lantarang makipagtunggali sa Diyos para sa katayuan at sa Kanyang hinirang na mga tao. Gusto man o ayaw ng mga tao, nais ng mga anticristo na kontrolin ang mga ito. May kapabilidad man sila o wala, nais ng mga anticristo na magsikap para sa katayuan, at pagkatapos na makuha ito, nagiging palamunin sila ng iglesia, kumakain at umiinom mula sa hinirang na mga

tao ng Diyos, hinahayaan ang hinirang na mga tao ng Diyos na tustusan sila nang wala silang ginagawang kahit ano. Hinding-hindi sila nagbibigay ng buhay para sa hinirang na mga tao ng Diyos, subalit nais nilang mapasailalim ang mga ito sa kanilang kapangyarihan, na himukin ang mga itong makinig, maglingkod, at magpakaalipin sa kanila, at nais nilang itatag ang sarili nilang posisyon sa puso ng mga tao. Kung nagsasabi ka ng maganda tungkol sa ibang tao, kung pinupuri mo ang dakilang kabaitan, biyaya, mga pagpapala, at pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos, hindi sila natutuwa at nasisiyahan. Gusto nilang purihin mo sila parati, na magkaroon sila ng puwang sa puso mo, na igalang at tingalain mo sila, at dapat wala itong ibang halo. Lahat ng ginagawa mo ay dapat para sa kanila at nang may pagsasaalang-alang sa kanila. Dapat mo silang unahin sa bawat pagkakataon, sa lahat ng iyong sinasabi at ginagawa, isinasaalang-alang ang kanilang mga iniisip at damdamin. Hindi ba't kawalan ito ng pagpapahalaga sa dangal at walang kahihiyan? Hindi ba't ganito kumilos ang mga anticristo? (Oo, ganito sila.) Ano pang ibang mga pagpapamalas ang mayroon? Ninanakaw at winawaldas nila ang mga handog, inaangkin nila ang mga handog sa Diyos. Wala rin itong pagpapahalaga sa dangal at walang kahihiyan—masyado itong halata!

Sa usapin ng pagnanakaw ng mga handog, may isang partikular na insidente na nangyari. May ilang kapatid na naghandog ng mga aytem na ipinaabot sa isang partikular na iglesia, at napansin ng taong nakatalagang mangalaga ng mga handog na may dalawang boteng walang tatak na nagsasabing para sa ang Itaas ang mga ito, at walang anumang partikular na tagubilin. Dahil hindi alam kung ano ang mga ito, itinabi niya ang mga ito nang walang pahintulot at hindi na ipinaabot sa ang Itaas. Nang maglaon, nang itanong Ko kung mayroon siya ng mga aytem na iyon, sinabi niyang may dalawa siyang bote. Itinanong Ko kung paano siya nagkaroon ng mga iyon na handa na, at ipinaliwanag niya ang sitwasyon, “Dahil dumating ang dalawang boteng ito nang walang tatak na nagsasaad kung ano ang mga ito o kung para sa ang Itaas ang mga ito, itinago namin ang mga ito rito. Kung may tatak ang mga ito na nagsasabing may silbi ito para sa amin, itatago at gagamitin namin ang mga ito. Kung maibebenta ang mga ito, ibebenta namin ang mga ito.” Ano sa palagay ninyo ang isyu rito? May ilang mahalagang bagay na ipinadala rito mula sa iba’t ibang lugar, may tagubilin ang ilan at marami ang walang tagubilin o tatak. Sa mga normal na kalagayan, kung gagamit kayo ng makatwirang pagsusuri, kanino dapat ibigay ang mga aytem na ito? (Dapat ibigay ang mga ito sa Diyos bilang mga handog.) Dapat ganito mag-isip ang mga taong may normal na katwiran. Gayumpaman, may nagsabing, “Walang tatak ang mga bagay na ito na nagsasabing para sa ang Itaas ang mga ito.” Ang ibig ipahiwatig ng taong iyon ay, “Hindi ito para sa iyo. Ano ang kinalaman ng mga ito sa iyo? Dahil hindi nakalagay na para sa iyo ito, may karapatan akong pangasiwaan ang mga ito. Hindi ko ibibigay sa iyo ang mga ito. Kung gusto kong ibenta ang mga ito, ibebenta ko ang mga ito. Kung gusto kong gamitin ang mga ito, gagamitin ko ang mga ito. Kung ayaw kong gamitin o ibenta ang mga ito, iiwan ko na lang ang mga ito roon at sasayangin ang mga ito!” Ito ang pananaw ng taong

namamahala. Ano ang palagay mo sa pananaw na ito? Mayroon bang mga taong nagdadala ng mahahalagang aytem mula sa malayo patungo sa iglesia o ibinibigay ang mga ito sa mga indibidwal nang hindi tinutukoy kung para kanino ang mga ito? (Wala.) Sino ang magpapakita ng napakalaking pagmamahal upang magbigay ng mahahalagang aytem sa iglesia, sa sambahayan ng Diyos, o sa mga kapatid? Hanggang sa araw na ito, wala pa Akong nakitang may ganoong kalaking pagmamahal, o sinumang nagbibigay ng ganoong handog o kawanggawa. Kahit na para sa mga ordinaryo at di-mamahaling aytem, kailangan mong bayaran ang mga ito. Kaya, tungkol sa mahahalagang bagay na ito, mayroon bang sinumang basta-basta na lang ibinibigay ang mga ito nang libre? (Wala.) Kahit na hindi tinukoy ng mga taong nagpadala ng mga aytem na ito kung para kanino ang mga ito, dapat malaman ng mga tao kung sino ang dapat na tumanggap ng mga ito; isang pagkamakatwiran ito na dapat mayroon sa pagkatao. Paano dapat pangasiwaan ng taong namamahala ang usaping ito? Paano niya dapat pangasiwaan ang mga aytem na ito? Sa pinakamababa, dapat niyang itanong sa ang Itaas, “Gusto Mo ba ang mga aytem na ito? Kung hindi, paano namin ito dapat na pangasiwaan?” Sa dalawang tanong lang na ito, puwedeng nalutas na ang isyu; ipapakita ng dalawang tanong na ito na may normal na pagkamakatwiran ang karakter ng isang tao. Pero hindi man lang magawang itanong ng taong namamahala sa pangangalaga ng mga handog ang dalawang simpleng tanong na ito, ni hindi niya taglay ang pinakamahalagang pagkamakatwiran na dapat taglayin ng isang tao. Paano niya naisip na para sa iglesia ang mga aytem na ito? Nagdagdag pa siya ng isa pang pahayag; “Walang nakalagay na para sa ang Itaas ang mga ito.” Hindi ba’t problema ito? Ano ang ipinapahiwatig ng “Walang nakalagay na para sa ang Itaas ang mga ito”? Bakit niya idinagdag ang pahayag na ito? (Upang makahanap ng dahilan para sa basta-basta na lang niyang pagwawaldas ng mga handog sa Diyos.) Iyon nga mismo. Puwede bang taglayin ng isang taong gumagawa ng mga gayong bagay ang pagpapahalaga sa dangal sa pagkatao nila? Malinaw na hindi. Anong uri ng pagkatao ang taglay ng isang tao na walang ganitong karakter? Hindi ba’t kawalan ito ng pagpapahalaga sa dangal? Talaga bang hindi niya alam na handog ang mga ito? Alam niyang handog ang mga ito, pero dahil wala siyang pagpapahalaga sa dangal sa pagkatao niya, nakakapagsalita siya ng mga gayong salita na walang kahihyan, at pagkatapos, nagagawa niyang natural at basta-basta na lang tamasahin, agawin, at waldasin ang mga handog, inaangkin niya ang mga ito. Tanging ang mga taong may pagkatao ng mga anticristo ang nagpapakita ng mga gayong pagpapamalas.

Walang konsensiya at katwiran ang mga anticristo; paano pa nga ba nila ipinapamalas na wala silang pagpapahalaga sa dangal at walang kahihyan? Kapag gumagawa sila ng mali, hindi sila nakakaramdam ng pagsisisi, at hindi sila nakokonsensiya sa puso nila. Hindi sila nagbubulay kung paano itatama ang mga pagkakamali nila o kung paano magsisisi, at naniniwala pa nga sila na makatwiran ang mga ginawa nila. Kapag nahaharap sa pagpupungos o kapag tinatanggal sila, nararamdaman nilang naagrabyado sila. Walang tigil silang nakikipagtalo at gumagamit ng mga salitang mapanlinlang—kawalan ito ng

pagpapahalaga sa dangal. Hindi sila gumagawa ng anumang tunay na gawain; sa bawat pagkakataon, sinesermonan nila ang iba at inililihis ang mga tao gamit ang mga walang kabuluhang teorya, na nagpapapaniwala sa iba na espirituwal sila at nakakaunawa sa katotohanan. Madalas din silang magyabang tungkol sa kung gaano karami ang kanilang nagawa at napagdusahan, sinasabing karapat-dapat nilang tamasahin ang biyaya ng Diyos at ang pagpapatuloy at pangangalaga ng mga kapatid, kaya parang natural na lang na nagiging palamunin sila ng iglesia, at nais din nilang kumain at uminom ng masasarap at magtamasa ng espesyal na pagtrato. Kawalan ito ng pagpapahalaga sa dangal at walang kahihiyan. Bukod pa rito, kahit malinaw na mahina ang kakayahan nila, na hindi nila nauunawaan ang katotohanan, at hindi nila mahanap ang mga prinsipyo ng pagsasagawa, at wala rin silang kapabilidad na gumawa ng anumang gawain, nagmamayabang sila na may kapabilidad at mahusay sila sa lahat ng bagay. Hindi ba't kawalan ito ng kahihiyan? Kahit malinaw na wala silang alam, nagpapanggap silang alam nila ang lahat para pahalagahan at tingalain sila ng mga tao. Kapag may mga tao na may mga isyu pero hindi humihingi ng payo nila, at sa halip ay humihingi ng tulong sa iba, nagagalit, nagseselos, at naghihinanakit sila, naghahanap sila ng anumang posibleng paraan para pahirapan ang taong iyon. Hindi ba't kawalan ito ng kahihiyan? Halatang madalas silang magsinungaling, na may iba't iba silang tiwaling disposisyon, pero nagpapanggap sila na wala silang mga tiwaling disposisyon, na tinitingnan sila ng Diyos nang may pabor at minamahal sila ng Diyos; sa bawat pagkakataon, nagpapanggap silang napakahusay nila sa pagtitiis ng pagdurusa, na kaya nilang magpasakop, na kaya nilang tanggapin ang katotohanan at ang pagpupungos, na hindi sila takot sa mahirap na trabaho o sa pagpupuna, at na hindi sila kailanman nagrereklamo—pero sa realidad, puno sila ng hinanakit. Kahit na halata ang kawalan nila ng abilidad na magbahagi ng anumang pagkaunawa, o magtalakay ng anumang katotohanan nang malinaw, at wala silang patotoong batay sa karanasan, nagpapanggap at nagkukunwari sila, nagsasalita nang walang kabuluhan tungkol sa kaalaman nila sa sarili para isipin ng mga tao na espirituwal sila at maraming nauunawaan. Hindi ba't kawalan ito ng kahihiyan? Malinaw na marami silang problema at masamang pagkatao, ginagawa nila ang kanilang tungkulin nang walang katapatan, at umaasa lang sila sa sarili nilang talino at katusuhan sa anumang trabahong kanilang ginagawa, hindi talaga nila hinahanap ang katotohanan, pero naniniwala pa rin silang nagbubuhay sila ng pasanin, na napakaespirituwal nila at may kakayahan sila, at nakakahigit sila sa karamihan ng tao. Hindi ba't kawalan ito ng kahihiyan? Hindi ba't mga pagpapamalas ito ng kawalan ng pagkatao ng mga anticristo? Hindi ba't madalas silang nagbubunyag ng mga gayong bagay? Malinaw na wala silang pagkaunawa sa mga katotohanang prinsipyo, at kahit ano pa ang gawaing ginagawa nila, hindi nila mahanap ang mga prinsipyo ng pagsasagawa, pero ayaw nilang maghanap o makipagbahaginan; umaasa sila sa sarili nilang katusuhan, karanasan, at talino para matapos ang gawain. Gusto pa nga nilang maging lider, utusan ang iba, at gusto nilang sumunod sa kanila ang lahat, at

naiinis at nagagalit sila kapag may hindi sumusunod sa kanila. Hindi ba't kawalan ito ng kahihyan? Dahil may mga ambisyon, kaloob, at kaunting katusuhan sila, gusto nila parating mamukod-tangi sa sambahayan ng Diyos, at gusto nilang ilagay sila ng sambahayan ng Diyos sa mahahalagang posisyon at linangin sila. Kung hindi sila nililang, sumasama ang loob nila at naghihinakit sila, nagrereklamo na hindi patas ang sambahayan ng Diyos, na hindi nito nakikilala ang mga tao na may talento, at walang mabuting tagapaghusga ng talento sa sambahayan ng Diyos na makakatuklas sa mga pambihira nilang abilidad. Kung hindi sila nililang, ayaw nilang magsikap nang husto sa paggawa ng mga tungkulin nila, magtiis ng kahirapan, o magbayad ng halaga; sa halip, gusto lang nilang gamitin ang katusuhan nila para makaiwas sa gawain. Sa puso nila, umaasa silang may isang tao sa sambahayan ng Diyos na magpapahalaga at magtataas sa kanila, para mahigitan nila ang iba at maisakatuparan ang mga dakila nilang plano rito. Hindi ba't mga ambisyon at pagnanais ang mga ito? Hindi ba't kawalan ito ng kahihyan? Hindi ba't ito ang pinakakaraniwang pagpapamalas ng mga anticristo? Kung talagang mayroon kang mga abilidad, dapat mong hangarin ang katotohanan, ituon ang pansin sa paggawa ng mga tungkulin mo nang maayos, at natural na papahalagahan ka ng hinirang na mga tao ng Diyos. Kung wala kang taglay na katotohanan at gusto mo pa rin parating mamukod-tangi, masyado na iyang walang katwiran! Kung mayroon ka ring mga ambisyon at pagnanais, at palagi mong gustong gawin ang lahat-lahat, tiyak na babagsak ka. Dahil minsan nang nagkaroon ng partikular na katayuan at katanyagan sa lipunan, gusto ng ilang tao na gamitin ang kanilang impluwensiya, magkaroon ng huling salita, at gusto nilang sumunod sa kanilang mga utos ang lahat pagkatapos nilang manampalataya sa Diyos at pumasok sa Kanyang sambahayan. Gusto nilang ipakita ang kanilang mga kalipikasyon at kredensiyal, itinuturing nilang mas mababa kaysa sa kanila ang lahat at iniisip nilang dapat mapasailalim sa kapangyarihan nila ang lahat. Hindi ba't kawalan ito ng kahihyan? Oo. Kapag nagkakaroon ng ilang resulta at gumagawa ng ilang kontribusyon ang ilang tao habang ginagawa ang mga tungkulin nila sa sambahayan ng Diyos, gusto nila parati na tratuhin sila ng mga kapatid nang may malaking respeto, bilang nakatatanda, may matataas na ranggo, at espesyal na mga tao. Gusto pa nga nilang tingalain sila ng mga tao, sundin sila, at pakinggan sila. Nagnanais silang maging pangunahing tao sa iglesia; gusto nilang magpasya sa lahat ng bagay, magbigay ng paghusga at magkaroon ng huling salita sa lahat ng usapin. Kung walang makikinig o susunod sa sinasabi nila, gusto nilang iwanan ang kanilang gawain, at sirain at pagtawanan ang lahat ng ibang tao. Hindi ba't kawalan ito ng kahihyan? Bukod sa kawalan ng kahihyan, partikular silang mapaminsala—anticristo ang mga ito.

Masyadong laganap ang pagpapamalas na ito ng kawalan ng kahihyan sa karakter ng mga anticristo. Ipinapakita ito ng karamihan sa mga tao sa ilang antas, pero hindi lang may ganitong pagpapamalas ang mga anticristo, hindi rin nila kailanman kinikilala kung gaano kalala ang kalikasan nito, hindi rin sila nagsisisi, hindi nila sinusubukang alamin ito, o maghimagsik laban dito. Sa halip, itinuturing nilang natural ito, na nagpapakita ng

kanilang pagtanggap na tanggapin ang katotohanan. Gaano man kawalang kahihyan, kawalang katwiran, kakasuklam-suklam, at kakamuhi-muhi ang ugali nila, naniniwala pa rin silang likas at may katwiran ito. Iniisip nilang makatwiran ito, at nararapat silang mamuno dahil sa kanilang mga kaloob at abilidad, at na dapat nilang igiit ang kanilang senyoridad, at na dapat makinig sa kanila ang iba dahil sa mga kontribusyon nila, at hindi nila ito nakikita bilang isang bagay na walang kahihyan. Hindi ba't wala na silang pag-asa? Hindi ito normal na pagkatao; ito ang karakter ng mga anticristo. Maaaring magkaroon ng mga ganitong pagpapamalas at kaisipan ang mga ordinaryong tiwaling tao sa mas malaki o maliit na antas, at sa iba't ibang antas ng kalubhaan, pero sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga salita ng Diyos, at sa pagtanggap at pag-unawa sa katotohanan, kinikilala nila na hindi dapat taglayin ng normal na pagkatao ang mga gayong bagay. Kinikilala rin nila na kapag lumitaw ang mga gayong ideya, kaisipan, plano, o di-makatwirang kahilingan, dapat silang maghimagsik laban sa mga ito, dapat nilang bitiwang, baligtarin ang mga ito, dapat silang matutong magsisi, dapat nilang tanggapin ang katotohanan, at dapat silang magsagawa ayon sa katotohanan. Ano ang pagkakaiba ng mga anticristo at ng mga ordinaryong tiwaling indibidwal? Ang pagkakaiba nila ay nasa katunayang hindi kailanman maniniwala ang mga anticristo na ang kanilang mga ideya, kaisipan, at pagnanais ay mali, kinokondena, at kinamumuhian ng Diyos, o na mga negatibong bagay na kay Satanas ang mga ito. Bilang resulta, hindi nila kailanman binibitiwan ang mga kaisipan o paniniwalang ito. Sa halip, itinutuloy nila ang mga ito, hindi sila naghihimagsik laban sa mga ito, at tiyak na hindi nila tinatanggap ang tama at positibo, at hindi nila hinahayaang ito ang maging pagsasabuhay na dapat nilang gawin at ang mga prinsipyong dapat nilang sundin. Ito ang pagkakaiba ng mga anticristo at ng mga ordinaryong tiwaling indibidwal. Tingnan mo sa paligid: Sinumang ganito kawalang kahihyan, pero hindi ito kailanman kinikilala o wala man lang kamalayan dito, ay isang tipikal na anticristo.

May isa pang tipikal na katangian ang mga anticristo na madaling makilatis ng mga tao: Wala silang kahihyan. Tulad ng nasusulat sa Bibliya, "Pinatitigas ng masamang tao ang kanyang mukha" (Kawikaan 21:29)—ang mga anticristo lang ang tunay na masasamang tao. Walang kahihyan ang mga anticristo; kahit gaano karami ang kanilang ginagawang walang kahihyan, hindi sensitibo sa damdamin ng mga tao, at salungat sa katotohanan, hindi nila ito namamalayan, ni hindi nila ito kinikilala. Hindi nila tinatanggap ang tama o positibo at hindi nila binibitiwan ang mga mali nilang pananaw at pagsasagawa; sa halip, ipinagpapatuloy nila ang mga ito hanggang sa huli. Ganito ang mga anticristo. Nasa anong sitwasyon kayo? Kapag mayroon kayong mga ganitong hindi makatwirang kahilingan, mga walang kahihyang kaisipan, at mga intensyon at ideyang kinasusuklaman ng Diyos, alam ba ninyo na kinamumuhian ito ng Diyos kaya nagagawa ninyong maghimagsik laban sa mga ito o bitiwang ang mga ito? O, pagkatapos marinig ang katotohanan, tumatanggi ba kayong bitawan ang mga ito, ipinagpapatuloy pa rin ba ang mga ito, at iniisip na tama kayo? (Kapag namamalayan ko ang mga ito, naiuugnay ko ang mga ito sa mga salita

ng Diyos, at nararamdaman kong medyo kasuklam-suklam at walang kahihyan ang mga kaisipang ito, at nagagawa kong manalangin at maghimagsik laban sa mga ito.) Hindi mga anticristo ang mga taong may kamalayang manalangin at maghimagsik laban sa mga ito; mga tipikal na anticristo ang mga hindi kailanman nananalangin o naghihimagsik laban sa mga ito, pero sumusunod sa sarili nilang mga kaisipan, sumasalungat sa Diyos sa puso nila, at tumatangging tanggapin ang katotohanan. Kahit gaano kawalang hiya ang mga ginawa nila, tumatanggi silang aminin o kilalanin ang mga ito. Hindi ba't halata na ang mga ito ay mga taong hindi tumatanggap sa mga positibong bagay kundi nagmamahal sa mga negatibo at buktot na bagay? Hindi ba ninyo matukoy kung saang kategorya kayo nabibilang, o hindi ba kayo kailanman nagkaroon ng mga ganitong kaisipang walang kahihyan? (Nagkaroon na ako ng mga ganitong kaisipan, at pagkatapos mamalayan ang mga ito, nagawa kong manalangin sa Diyos at maghimagsik laban sa mga ito. Minsan hindi ko namamalayan ang mga ito, kumilos at nagsalita ako nang hindi nararamdaman na walang kahihyan ang mga ito, at napagtanto ko lang ito pagkatapos kong malantad, at saka ko nagawang manalangin at maghimagsik laban sa mga ito.) Kung hindi ninyo namamalayan na walang kahihyan ang mga bagay na ito, hindi ito isyu; kung namamalayan ninyo ito pero hindi ninyo tinatanggap ang katotohanan o hindi kayo naghihimagsik laban sa sarili ninyo, malubhang problema ito. Kadalasan, manhid kayo, hindi ninyo ito naiuugnay sa mga salita ng Diyos, at hindi ninyo alam kung ano ang problema ninyo. Pero kung agad kayong nakararamdam ng pagkakonsensiya at pagsaway sa puso ninyo kapag namalayan ninyo ito, at labis kayong nahihiyang makita ang sinuman, at iniisip na ang inyong sarili ay kasuklam-suklam, mababa, at may mahinang integridad, at kaya kinamumuhian at kinakasuklaman ninyo ang sarili ninyo, pagkatapos ay pinagbubulayan ninyo kung paano babaguhin at bibitawan ang mga bagay na ito, isa itong normal na sitwasyon. Kung magagawa ninyong maghimagsik laban sa sarili ninyo kapag mamalayan na ninyo ito, mayroon kayong pag-asang maligtas. Kung namalayan na ninyo ito at hindi pa rin kayo naghimagsik laban sa sarili ninyo, wala kayong pag-asang maligtas. Ang kaligtasan ng isang tao ay nakasalalay sa kung kaya niyang tanggapin ang katotohanan. Puwedeng sabihin ng ilang tao, "Manhid ako at mapurol ang utak ko, at mahina ang kakayahan ko, pero hangga't nauunawaan ko ang kaunting naririnig ko, kaya kong magsagawa ayon sa mga salita ng Diyos at maghimagsik laban sa sarili ko." Maliligtas ang mga gayong tao. Gaano man kahusay ang kakayahan ng isang tao o gaano man karaming katotohanan ang nauunawaan niya, kung hindi siya maghihimagsik laban sa sarili niya, kung igigiit niyang hindi isagawa o tanggapin ang katotohanan, at labanan at salungatin ito sa puso niya, katapusan na nito—wala na talaga siyang pag-asa. Ang pagiging walang kahihyan ay isang tipikal na katangian din ng karakter ng mga anticristo. Tingnan ninyo kung may mga gayong tao sa paligid ninyo, at pagkatapos ay suriin ang sarili ninyo para matukoy kung nabibilang kayo sa kategoryang ito—kung palagi ninyong nararamdamang perpekto at dakila kayo, kung palagi ninyong itinuturing ang sarili ninyo bilang isang tagapagligtas, kung palagi

ninyong hangad na mailagay sa mas mataas na posisyon kaysa sa iba, kung palagi kayong sabik na ikompara ang sarili ninyo sa iba sa anumang grupo para makita kung gaano kayo kataas sa kanila, at nalalampasan man ninyo o hindi ang ibang tao sa huli, gusto ninyong namumukod-tangi, at gusto ninyong mataas ang pagtingin ng iba sa inyo, na mangibabaw kayo sa karamihan, at maging espesyal na miyembro sa grupo. Bakit ka naman naging espesyal? May mga sungay ka bang tumutubo sa ulo mo, o tatlong mata, o tatlong ulo at anim na braso? Walang espesyal sa iyo, kaya bakit palagi mong nararamdaman na nangingibabaw at natatangi ka? Pagiging walang kahihyan ito. Sa isang banda, wala namang partikular na espesyal sa likas na pisikal mong abilidad, at sa kabilang banda, wala namang partikular na espesyal sa kakayahan mo. Ang mas mahalaga, ikaw, tulad ng lahat, ay puno ng mga tiwaling disposisyon, walang pag-unawa sa katotohanan, at kauri ni Satanas na lumalaban sa Diyos. Ano ang maipagmamalaki mo? Malinaw na wala kang maipagmamalaki. Ang kaunting kasanayan, abilidad, kaloob, at talentong taglay mo ay hindi na karapat-dapat na banggitin pa, dahil hindi kumakatawan ang mga ito sa normal na pagkatao at walang kaugnayan sa mga positibong bagay. Pero, iginigiit mong ibida ang mga bagay na hindi naman karapat-dapat na banggitin, itinuturing ang mga ito bilang sarili mong mga medalya ng dangal, ipinagmamalaki ang mga ito kahit saan bilang iyong kaluwalhatian at kapital, para makuha ang pagpapahalaga at paggalang ng mga tao, ginagamit mo pa ang mga ito bilang kapital para tustusan ka ng ibang tao, at matamasa mo ang pagpapahalaga at espesyal na pagtrato ng iba. Hindi ba't kawalan ito ng kahihyan? Ang mga hindi makatwirang kahilingan, kaisipan, intensyon, ideya, at iba pang mga gayong bagay na dulot ng hindi normal na pagkatao at katwiran ay pawang mga pagpapamalas ng pagiging walang kahihyan. Kung nangingibabaw ang mga pagpapamalas ng pagiging walang kahihyan sa pagkatao ng isang tao, at nagiging pangunahing katangian niya na pumipigil sa kanya na tanggapin at maunawaan ang katotohanan, isa itong tipikal na karakter ng mga anticristo.

Ginagastos ng ilang tao ang mga handog para ibili ang mga kapatid ng mga bagay na masasarap, matataas ang kalidad, at sunod sa mga uso, sinasabing ginagawa nila ito alang-alang sa mga kapatid, para makapamuhay ang mga ito nang masaya at walang alalahanin sa sambahayan ng Diyos, at pagkatapos ay maging mapagpasalamat sa pagmamahal ng Diyos. Ano ang palagay mo sa ideyang ito? Medyo makatao ba ito? (Hindi, hindi ito makatao. Itinuturing nila ang mga handog sa Diyos na parang sarili nilang pera, ginagastos nila ang mga ito ayon sa kagustuhan nila, sa halip na gamitin ang mga handog sa normal at makatwirang paraan nang ayon sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos.) Anong problema ng pagkatao ito? (Pagiging walang kahihyan.) Nagiging tipikal na anticristo ang mga gayong indibidwal sa sandaling magkaroon sila ng katayuan. Ginagamit nila ang mga handog para makuha ang loob ng iba, sinasabi nilang, "Kulang sa damit ang mga kapatid at mahirap ang buhay nila. Marami silang mga paghihirap, at walang nagmamalasakit dito. Napansin ko ito, at ako na ang bahala rito. Para mapadali ang mga bagay para sa mga kapatid, para maramdaman nila ang init ng

diyos, ang dakilang pagmamahal ng diyos, at ang biyaya ng diyos habang naninirahan sila sa kanyang sambahayan, kailangang gastusin ang pera ng sambahayan ng diyos para matugunan ang bawat aspekto ng buhay nila. Kaya, kailangan kong higit na pag-isipan ito, at maingat na isaalang-alang kung ano ang kulang o kailangan ng mga kapatid. Kailangang bumili ng mga insulated cup upang maging madali para sa mga kapatid na uminom ng tubig at para madala nila ito kapag lumalabas sila. Kailangan ding bumili ng mga upuan para sa mga kapatid: Dapat may malambot na sandalan ang mga upuan para hindi sumakit ang likod nila sa matagal na pag-upo. Dapat maging madali na umupo sa mga upuang ito, at dapat may tamang taas, anggulo, at lambot ang mga ito. Anuman ang presyo, hindi natin dapat tipirin ang mga kapatid, dahil sila ang mga haligi ng sambahayan ng diyos at ang kapital at pundasyon para sa pagpapalaganap ng gawain ng sambahayan ng diyos. Kaya naman, ang maayos na pag-aalaga sa mga kapatid ay nagpapabuti sa gawain ng sambahayan ng diyos.” Ang karamihan sa kapatid, sa pagkarinig nito, ay napapaiyak, labis silang nagpapasalamat at paulit-ulit nilang sinasabi na dakilang pagmamahal ito ng Diyos. Ang mga namamahala sa bagay na ito ay nakakaramdam ng init sa kalooban kapag naririnig nila ito, iniisip nila, “Sa wakas, may mga tao na nakakaunawa sa puso ko.” Ano ito? (Pagiging walang kahihyan.) Paano naging kawalang kahihyan ang pagbibigay ng mga gayong malaking benepisyo sa mga kapatid? Paninirang-puri ba ito? (Hindi, hindi ito paninirang-puri.) Ginagamit nila ang pera ng sambahayan ng Diyos para magpakita ng pagiging bukas-palad para makuha ang loob ng mga tao, at kunwaring nagpapakita ng pagsasaalang-alang at mapagmahal na malasakit sa mga kapatid. Ano ang totoo nilang pakay? Sa mas simpleng salita, ito ay para matamasa ang mga benepisyong ito kasama ang mga kapatid. Kung sasabihin nang mas mabigat, ito ay para makuha ang loob ng mga tao, para matiyak na palagi silang matatandaan ng mga tao, magkaroon sila ng puwang sa puso ng mga tao, at maalala kung gaano sila kabuti. Kung sarili nilang pera ang ginagastos nila, ganito rin ba nila tatrathuhin ang mga kapatid? (Tiyak na hindi.) Mabubunyang ang tunay nilang mga kulay, at hindi nila tatrathuhin nang ganito ang mga tao. Batay sa walang ingat nilang paggamit ng mga handog sa Diyos ayon sa kagustuhan nila, mga tao silang walang integridad at walang mga moral na pamantayan, ubod sila ng sama at walang hiya. Magagawa ba nilang tratuhin ang iba nang may tunay na kabaitan? Anong klaseng tao sila? (Mga anticristo sila na walang kahihyan.) Mayroon ding pagiging lihim na mapanira at malupit sa ganitong kawalan ng kahihyan na taglay at ipinapamalas ng mga anticristo sa pagkatao nila—gumagamit sila ng mga kasinungalingan para makamit ang mga personal nilang layon. Alin sa mga salitang lumalabas sa bibig nila ang totoo? Habang tila lubha silang mapagsaalang-alang sa mga tao, na talagang mahal nila ang mga ito, at talagang iniisip-isip nila ang mga ito, kapag walang nakakakita, nagkikimkim talaga sila ng mga mapaminsalang intensyon. Sila mismo ay walang ibinabayad na halaga; ginagastos nila ang mga handog, at sa huli, ang sambahayan ng Diyos ang nawawalan habang sila ang nakikinabang. Ganito ang ginagawa ng mga anticristo—hindi lang mga

wala silang kahihyan, mga lihim na mapanira at malupit din sila. Palagian silang nagsisinungaling, pinagsisinungalingan at nilalansi nila ang mga tao kahit saan sila pumunta, wala silang binibigkas ni isang totoong salita. Ito pa nga lang ay nakakasuklam na, pero ipinagmamalaki pa nila na sila ay mga totoong tao, mabait, mabuti sa iba, mapagmahal, may simpatiya, at hindi nila kayang maging matigas ang loob sa sinuman o maghiganti laban sa mga nang-aapi sa kanila. Ipinagmamalaki pa nila na perpekto sila at mga disenteng indibidwal, gustong magkaroon ng magandang imahe at magkaroon ng puwang sa puso ng mga tao. Hindi ba't kawalan ito ng kahihyan? Ito ang kalikasan ng mga anticristo; puno ng mga gayong bagay ang pagkatao nila.

Tungkol sa mga tao na nag-aamok sa paggawa ng masasamang bagay at walang kahihyan, medyo kaya silang makilatis ng mga tao, pero hindi madaling makita na walang kahihyan ang mga anticristo. Nakakita Ako ng isang espesyal na pagpapamalas ng isang anticristo na walang kahihyan: Madalas siyang magpakita ng pagiging mapusok at mapangahas, palagian siyang nagsisinungaling, at sistematiko ang paraan niya ng pagsasalita, na maayos at organisado. Gayumpaman, pagdating sa pangangasiwa ng mga gampanin, hindi niya matapos ang sinimulan niya, nag-aamok siyang gumagawa ng masama, at wala siyang anumang prinsipyo. Pagkatapos ng ilang panahon ng paggawa ng mga tungkulin niya sa sambahayan ng Diyos, napasama ang lahat ng kanyang ginawa, at wala siyang nagawang maayos. Ang pinakakritikal na problema ay gusto pa rin niyang iligaw ang mga tao, mag-iwan ng magandang impresyon sa puso nila, at sa bawat pagkakataon ay nagtatanong siya kung ano ang iniisip ng iba tungkol sa kanya at kung tinitingala ba siya. Sa huli, nang naging malinaw na palagi siyang nagkakamali sa kanyang mga tungkulin at wala siyang nagagawang maayos, pinaalis siya ng sambahayan ng Diyos. Hindi lang siya nabigong kilalanin ang mga malinaw na pagpapamalas na ito, kundi ay nagpanggap pa siyang inosente noong pinaalis siya. Ano ang ibig sabihin ng pagpapanggap na inosente? Ibig sabihin nito, hindi niya kailanman inamin ang mga nakaraang masama niyang gawa—ang kanyang mga kasinungalingan, panlalansi, at ang panlilihis niya sa ibang tao, pati na ang paglikha niya ng isang nagsasariling kaharian at pagpapasailalim ng iglesia sa kontrol ng sarili niyang pamilya, ang pag-aamok sa paggawa ng masama at pagkilos nang walang mga prinsipyo, ang hindi niya kailanman paghahanap sa katotohanan, at maging ang paggawa ng kahit ano ayon sa kagustuhan niya, kasama ang iba pang masasamang gawa—at hindi niya kailanman nagawang kilalanin ang masasamang kilos niya kahit kaunti. Taliwas dito, naniwala siya na ginawa niya ang kanyang tungkulin sa sambahayan ng Diyos sa loob ng maraming taon, na nagdusa siya nang husto, nagbayad ng mataas na halaga, gumugol ng mahabang panahon, at naglaan ng napakaraming lakas, pero sa huli, umabot siya sa puntong nagkaroon siya ng masamang reputasyon at hinamak siya ng lahat, walang sinumang naawa o nakisimpatiya sa kanya, at walang sinumang nagtatanggol sa kanya. Hindi ba't pagkukunwari ito na inosente siya? Anong uri ng pagkatao ang pagpapamalas na ito ng pagkukunwaring inosente? (Kawalan ng katwiran at pagiging walang kahihyan.)

Mismo. Itinuring niya ang mga bagay na ginawa niya at ang mga tungkuling dapat niyang gampanan bilang kanyang mga merito. Ganap niyang itinanggi ang anumang bagay na ginawa niya na hindi naaayon sa mga katotohanang prinsipyo o na nakakagulo o nakakagambala, at sa huli, nagkunwari siyang inosente. Pagiging walang kahihiyan ito, at isa siyang tipikal na anticristo. Nakatagpo na ba kayo ng mga gayong indibidwal? Anuman ang italaga mo sa kanila o anuman ang mga gampaning ibigay mo sa kanila, lagi silang naghahanap ng mga tagasuporta, nagtatayo ng nagsasariling kaharian, at pinipigilan ang iba na mangibabaw para sila ang umangat. Gusto nilang malampasan ang lahat, walang anumang matapat sa sinasabi nila sa sinuman, hindi matiyak ng mga nakikinig sa kanila kung alin sa mga pahayag nila ang totoo at alin ang huwad. Kapag pinaalis na sila sa huli, iniisip pa rin nila na partikular na inosente sila at umaasa silang may magtatanggol sa kanila. Sa tingin ba ninyo ay may magtatanggol sa kanila? (Wala.) Kung may magtatanggol sa kanila, malamang na ito ay ignorante sa mga katunayan, isang mangmang, isang taong nailihis nila, o isang indibidwal na kauri nila.

D. Makasarili at Ubod ng Sama

Ang mga anticristo ay walang konsensiya, katwiran, o pagkatao. Bukod sa wala silang kahihiyan, may isa pa rin silang tanda: Hindi pangkaraniwan ang kanilang pagiging makasarili at ubod ng sama. Ang literal na kahulugan ng kanilang “pagiging makasarili at ubod ng sama” ay hindi mahirap maunawaan: Bulag sila sa anumang bagay maliban sa sarili nilang mga interes. Nakatuon ang kanilang buong atensiyon sa anumang bagay na may kinalaman sa sarili nilang mga interes, at magdudusa sila para dito, magsasakripisyo, itututok ang kanilang sarili para dito, at ilalaan ang kanilang sarili para dito. Magbubulag-bulagan naman sila at hindi papansinin ang anumang walang kinalaman sa kanilang sariling mga interes; magagawa ng iba ang anumang gusto nila—walang pakialam ang mga anticristo kung may sinumang nagiging mapanggambala o mapanggulo, at para sa kanila, wala itong kinalaman sa kanila. Kung sasabihin nang maingat, sarili lamang nila ang kanilang iniintindi. Subalit mas tumpak na sabihin na ang ganitong uri ng tao ay ubod ng sama, napakababa, at marumi; inilalarawan natin sila bilang “makasarili at ubod ng sama.” Paano naipapamalas ang pagiging makasarili at ubod ng sama ng mga anticristo? Sa anumang bagay na kapaki-pakinabang sa kanilang katayuan o reputasyon, nagsisikap silang gawin o sabihin ang anumang kailangan, at kusang-loob silang nagtitiis ng anumang pagdurusa. Pero pagdating sa may kinalaman sa gawaing isinaayos ng sambahayan ng Diyos, o pagdating sa may kinalaman sa gawain na kapaki-pakinabang sa paglago ng buhay ng mga taong hinirang ng Diyos, lubos nilang binabalewala ito. Kahit kapag ang masasamang tao ay nanggagambala, nanggugulo, at gumagawa ng lahat ng uri ng kasamaan, dahilan kaya lubhang naaapektuhan ang gawain ng iglesia, nananatili silang walang ginagawa at walang pakialam, na para bang walang kinalaman ito sa kanila. At kung may nakatuklas at nagulat ng masasamang gawa ng isang masamang tao, sinasabi nilang wala silang nakita

at nagmamaang-maangan sila. Ngunit kung may isang taong nag-ulat sa kanila at naglantad na hindi sila gumagawa ng totoong gawain at naghahangad lamang ng kasikatan, pakinabang, at katayuan, bigla silang nagagalit nang husto. Mabilis na nagpapatawag ng mga pagpupulong upang talakayin kung paano tutugon, magsasagawa ng mga imbestigasyon upang malaman kung sino ang nagtataksil sa kanila, kung sino ang namuno, at kung sino ang mga sangkot. Hindi sila kakain o matutulog hangga't hindi nila natutuklasan kung ano ang totoo at hangga't hindi ganap na nareresolba ang isyu—magiging masaya nga lamang sila kapag napabagsak na nila ang lahat na sangkot sa pag-uulat sa kanila. Pagpapamalas ito ng pagiging makasarili at ubod ng sama, hindi ba? Gawain ba ng iglesia ang ginagawa nila? Kumikilos sila para sa kapakanan ng sarili nilang kapangyarihan at katayuan, ganoon lamang kasimple. Isinasagawa nila ang sarili nilang proyekto. Kahit ano pa ang akuin nilang gawain, hindi kailanman iniisip ng mga anticristo ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Ang isinasaalang-alang lamang nila ay kung maaapektuhan ba ang kanilang sariling mga interes, ang iniisip lamang nila ay ang maliit na bahagi ng gawaing nasa harapan nila na napapakinabangan nila. Para sa kanila, ang pangunahing gawain ng iglesia ay isang bagay lamang na ginagawa nila sa libre nilang oras. Hinding-hindi talaga nila ito sineseryoso. Gumagalaw lang sila kapag pinapakilos sila, ginagawa lamang ang gusto nilang gawin, at ginagawa lamang ang gawain na alang-alang sa pagpapanatili ng sarili nilang katayuan at kapangyarihan. Sa paningin nila, ang anumang gawaing isinaayos ng sambahayan ng Diyos, ang gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo, at ang buhay pagpasok ng mga taong hinirang ng Diyos ay hindi mahalaga. Anuman ang mga paghihirap ng ibang mga tao sa kanilang gawain, anuman ang mga isyung matuklasan at maiulat sa kanila, gaano man kasinsero ang kanilang mga salita, walang pakialam ang mga anticristo, hindi nila isinasangkot ang kanilang sarili, na para bang wala itong kinalaman sa kanila. Gaano man kalaki ang mga problemang lumilitaw sa gawain ng iglesia, lubos silang walang pakialam. Kahit pa nga nasa harapan na nila mismo ang isang problema, hinaharap lang nila ito nang pabasta-basta. Kapag tuwiran lamang silang pinungusan ng ang Itaas at inutusang ayusin ang isang problema ay saka lamang sila padabog na gagawa ng kaunting tunay na gawain at magpapakita ng anuman sa ang Itaas; pagkatapos na pagkatapos nito, magpapatuloy sila sa sarili nilang gawain. Wala silang interes at walang pakialam pagdating sa gawain ng iglesia, sa mahahalagang bagay na may mas malalawak na konteksto. Binabalewala pa nga nila ang mga problemang natutuklasan nila, at nagbibigay sila ng mga pabasta-bastang sagot o nag-aalangan silang sumagot kapag tinatanong sila tungkol sa mga problema, hinaharap lamang ang mga ito nang may labis na pag-aatubili. Pagpapamalas ito ng pagiging makasarili at ubod ng sama, hindi ba? Higit pa rito, anuman ang tungkuling ginagawa ng mga anticristo, ang iniisip lamang nila ay kung tutulutan ba sila nitong maging sentro ng atensyon; hangga't patataasin nito ang kanilang reputasyon, pinipiga nila ang kanilang utak makaisip lamang ng paraan kung paano matutuhan ito, at kung paano ito isasakatuparan; ang

iniintindi lamang nila ay kung magiging bukod-tangi ba sila dahil dito. Anuman ang gawin o isipin nila, iniisip lamang nila ang sarili nilang kasikatan, pakinabang, at katayuan. Anuman ang tungkuling ginagawa nila, nakikipagkompetensiya lamang sila para makita kung sino ang mas mataas o mas mababa, kung sino ang mananalo at sino ang matatalo, kung sino ang mas may reputasyon. Ang mahalaga lamang sa kanila ay kung gaano karaming tao ang sumasamba at tumitingala sa kanila, gaano karami ang sumusunod sa kanila, at kung gaano karaming tagasunod ang mayroon sila. Hindi sila kailanman nakikipagbahaginan sa katotohanan o nilulutas ang mga totoong problema. Hindi nila kailanman iniisip kung paano gawin ang mga bagay-bagay ayon sa prinsipyo kapag ginagawa nila ang kanilang tungkulin, hindi rin sila nagninilay-nilay kung naging tapat ba sila, kung natupad ba nila ang kanilang mga responsabilidad, kung nagkaroon ba ng mga paglihis o pagpapabaya sa kanilang gawain, o kung mayroon bang anumang mga problema, lalong hindi nila pinag-iisipan kung ano ang hinihingi ng Diyos, at kung ano ang mga layunin ng Diyos. Hindi nila binibigyang-pansin ni bahagya ang lahat ng bagay na ito. Mahigpit lang silang tumutuon sa gawain at gumagawa ng mga bagay-bagay alang-alang sa kasikatan, pakinabang, at katayuan, upang matugunan ang sarili nilang mga ambisyon at pagnanais. Pagpapamalas ito ng pagiging makasarili at ubod ng sama, hindi ba? Lubos nitong inilalantad kung paanong ang kanilang mga puso ay nag-uumapaw sa sarili nilang mga ambisyon, pagnanais, at walang katwirang hinihingi; lahat ng ginagawa nila ay dinidiktahan ng kanilang mga ambisyon at pagnanais. Kahit ano pa ang gawin nila, ang motibasyon at pinagmumulan ay ang sarili nilang mga ambisyon, pagnanais, at walang katwirang hinihingi. Ito ang pinakatipikal na pagpapamalas ng pagiging makasarili at ubod ng sama.

Hindi gumagawa ng tunay na gawain ang ilang lider; para mag-ulat sa ang Itaas, at para maiwasan ang mapungusan at matanggal, at para mapangalagaan ang sarili nilang katayuan, ginagamit nila nang husto ang mga kapatid, pinapagserbisyo ang mga ito para sa kanila. Sa gawain nila, ang sinasabi lang nila ay mga salita at doktrina, hindi sila nagbabahagi tungkol sa mga katotohanang prinsipyo, hindi nila nilulutas ang mga aktuwal na isyu, hindi nila tinutulungan ang iba nang may pusong mapagmahal, o isinasaalang-alang ang mga suliranin ng ibang tao, at hindi nila kailanman tinutugunan ang mga totoong suliraning kinakaharap ng mga tao habang ginagampanan ang mga tungkulin ng mga ito at sa buhay pagpasok ng mga ito. Hindi nila sinusuportahan ang sinumang negatibo. Maliban sa panunupil at pagsaway, puro doktrina lang ang sinasabi nila at isinisigaw lang nila ang kanilang mga islogan. Ano ang pakay nila? Hindi nila isinasaalang-alang ang pasanin ng Diyos, kundi nais nilang samantalain ang kinalalabasan ng mga tungkuling ginagampanan ng mga kapatid, para palamutihan ang sarili nila at mapanatili ang kanilang katayuan. Kapag nagpapakita ang mga kapatid ng magagandang resulta sa paggampan ng tungkulin, nasisiyahan sila. Inaangkin nila ang kredito sa harap ng ang Itaas, pinupuri sa loob-loob nila ang sarili nilang kabutihang-asal at iniisip na nagawa nila ang kanilang tungkulin nang maayos. Bukod pa rito, nag-uulat sila

sa ang Itaas tungkol sa maraming paghihirap na naranasan nila habang ginagawa ang gawaing ito, kung paano binuksan ng Diyos ang daan para sa kanila, kung paano nila pinangunahan ang mga kapatid na sama-samang magtrabaho nang mabuti at mapagtagumpayan ang mga paghihirap na ito, kung paano nila tinulungan ang mga kapatid na tapusin ang gawaing ito, kung paano sila sumunod sa mga prinsipyo, at kung paano nila pinaalis ang masasamang tao. Binibigyang-diin din nila ang halaga ng kanilang ibinayad at ang mga iniambag nila sa kanilang gawain, ipinapaalam sa ang Itaas na dahil sa sarili nilang pagsisikap kaya nagawa nang maayos ang trabaho. Ipinapahiwatig nila sa ang Itaas, “Ang pamumuno ko ay karapat-dapat sa reputasyon nito, at tama ang ginawa ninyong pagpili sa akin bilang lider.” Hindi ba’t pagpapamalas ito ng pagiging makasarili at ubod ng sama? Ang mga tao na nagpapamalas ng pagkataong makasarili at ubod ng sama ay madalas na may ilang bukambibig. Halimbawa, pagkatapos maisaayos na mamuno sila sa isang iglesia, palagi nilang sinasabi, “Sa aming iglesia, napakaganda at napakahusay ng buhay iglesia namin. Nagkaroon ang mga kapatid ko ng kahanga-hanga at malalim na buhay pagpasok, nang pawang may mga karanasan sa buhay. Tingnan mo kung paano nila mahalín ang diyos, at kung gaano kahusay ang paggawa namin.” Ang mga ito ang bukambibig ng mga anticristo. Batay sa kanilang mga bukambibig, malinaw na tinatrato nila bilang sarili nilang mga tupa ang mga kapatid sa iglesia na pananagutan nila, at itinuturing na ang lahat ng nasa ilalim ng pamamahala nila sa iglesia ay pribado nilang pag-aari. Hindi ba’t wala itong kahihyan? Bakit wala itong kahihyan? Anumang pagpapamalas ng pagiging makasarili at ubod ng sama ay nagmumula sa kawalan ng kahihyan. Kaya, ang pagiging makasarili at ubod ng sama ay kawalan ng kahihyan. Ang mga taong ito na nagpapakita ng mga pagpapamalas ng pagiging makasarili at ubod ng sama ay tiyak na walang kahihyan. Kapag pinagkakatiwalaan ng pamumuno at pananagutan sa isang iglesia, pinangungunahan ang hinirang na mga tao ng Diyos para gampanan ang mga tungkulin ng mga ito, at gumawa ng partikular na gawain, tinatrato nila ang mga bagay na ito bilang sarili nilang pribadong pag-aari. Walang sinuman ang puwedeng makialam; sila ang may huling desisyon sa lahat. Itinuturing ng mga anticristo ang hinirang na mga tao ng Diyos, ang gawain ng iglesia, at ang mga pasilidad at pag-aari ng iglesia bilang sarili nilang pribadong pag-aari. Ito pa lamang ay isa nang problema: Nilalayon nilang kamkamin ang mga pag-aari ng sambahayan ng Diyos at dominahin ang hinirang na mga tao ng Diyos. Bukod pa rito, itinuturing nila ang mga bagay na ito bilang kapital para makipagkompetensiya sa iba, hindi magdadalawang-isip na ipagkanulo ang mga interes ng sambahayan ng Diyos at pagpapahamak sa hinirang na mga tao ng Diyos. Sa palagay ninyo, may taglay bang konsensiya at katwiran ang mga anticristo? May puwang ba sila para sa Diyos sa puso nila? Mayroon ba silang pusong may takot at pagpapasakop sa Diyos? Wala kahit kaunti. Samakatwid, hindi pagmamalabis ang pagtawag sa mga anticristo bilang mga alipin ni Satanas o masasamang demonyo sa lupa. Walang Diyos o iglesia sa puso ng isang anticristo, at lalo nang wala siyang pagpapahalaga sa mga taong hinirang ng Diyos.

Sabihin mo sa Akin, kung saan naroroon ang mga kapatid, at kung saan gumagawa ang Diyos, paanong hindi matatawag na sambahayan ng Diyos ang gayong mga lugar? Sa anong paraan hindi mga iglesia ang mga ito? Ngunit iniisip lang ng mga anticristo ang mga bagay na sakop ng sarili nilang impluwensiya. Wala silang pakialam sa ibang mga lugar o hindi nila inaalala ang mga ito. Kahit may matuklasan silang problema, hindi nila ito binibigyang pansin. Ang mas masahol pa ay na kapag nagkaproblema sa isang partikular na lugar at nagdulot ng mga kawalan sa gawain ng iglesia, hindi nila iyon pinapansin. Kapag tinanong kung bakit hindi nila iyon pinapansin, nagbibigay sila ng mga kakatwang maling paniniwala, sinasabing, “Huwag kang makialam sa hindi mo problema.” Ang kanilang mga salita ay parang makatwiran, parang nauunawaan nila ang mga hangganan sa ginagawa nila, at parang wala silang panlabas na mga problema, pero ano ang diwa nito? Ito ay pagpapamalas ng kanilang pagiging makasarili at ubod ng sama. Ginagawa nila ang mga bagay para lang sa sarili nila, para lang sa sarili nilang kasikatan, pakinabang, at katayuan. Hindi nila talaga ginagawa ang kanilang mga tungkulin. Ito ay isa pang tipikal na katangian ng mga anticristo—sila ay makasarili at ubod ng sama.

Malinaw ang diwa ng pagiging makasarili at ubod ng sama ng mga anticristo; partikular na prominente ang ganitong klase ng mga pagpapamalas nila. Ipinagkakatiwala sa kanila ng iglesia ang isang parte ng gawain, at kung magdudulot ito ng katanyagan at nakikinabang sila rito, at magiging daan upang maitampok ang kanilang sarili, interesadong-interesado sila, at handang tanggapin iyon. Kung ito ay gawain na walang pasasalamat o kinasasangkutan ng pagpapasama ng loob ng mga tao, o hindi magiging daan upang maitampok ang kanilang sarili o wala itong benepisyo sa kanilang kasikatan, pakinabang, o katayuan, wala silang interes, at hindi nila iyon tatanggapin, na para bang walang kinalaman sa kanila ang gawaing ito, at hindi ito ang gawaing dapat nilang gawin. Kapag nakakaranas sila ng mga paghihirap, walang posibilidad na hahanapin nila ang katotohanan para lutasin ang mga iyon, lalo na ang magsikap na tingnan ang buong sitwasyon at hindi sila magbibigay ng anumang pagsasaalang-alang sa gawain ng iglesia. Halimbawa, sa saklaw ng gawain ng sambahayan ng Diyos, batay sa kabuuang mga pangangailangan ng gawain, maaaring magkaroon ng ilang paglilipat ng mga tauhan. Kung malipat ang ilang tao mula sa isang iglesia, ano ang makatwirang paraan ng pagtrato ng mga lider ng iglesia sa isyu? Ano ang problema kung ang tanging inaalala nila ay ang mga interes ng sarili nilang iglesia, sa halip na ang mga pangkalahatang interes, at kung hinding-hindi sila handang ilipat ang mga taong iyon? Bakit hindi nila magawa, bilang lider ng iglesia, na magpasakop sa mga sentralisadong pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos? May pagsasaalang-alang ba ang gayong tao sa mga layunin ng Diyos? Mapagmalasakit ba sila sa kabuuan ng gawain? Kung hindi nila iniisip ang kabuuan ng gawain ng sambahayan ng Diyos, kundi ang mga interes lamang ng sarili nilang iglesia, hindi ba sila masyadong makasarili at ubod ng sama? Ang mga lider ng iglesia ay dapat magpasakop sa kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos nang walang pasubali, at sa sentralisadong mga pagsasaayos at koordinasyon

ng sambahayan ng Diyos. Ito ang naaayon sa mga katotohanang prinsipyo. Kapag kinakailangan ng gawain ng sambahayan ng Diyos, sinuman sila, lahat ay dapat magpasakop sa koordinasyon at mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos, at hinding-hindi dapat kontrolin ng sinumang indibidwal na lider o manggagawa na para bang pag-aari niya sila o nasasailalim sa kanyang mga desisyon. Ang pagsunod ng hinirang na mga tao ng Diyos sa sentralisadong mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos ay ganap na natural at may katwiran, at hindi maaaring suwayin ng sinuman ang mga pagsasaayos na ito, maliban kung gumagawa ang isang indibidwal na lider o manggagawa ng isang arbitraryong paglilipat na hindi alinsunod sa prinsipyo, kung magkagayon ay maaaring suwayin ang pagsasaayos na ito. Kung ang isang normal na paglilipat ay isinasagawa nang ayon sa mga prinsipyo, dapat na sumunod ang lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos, at walang lider o manggagawa ang may karapatan o anumang dahilan para subukang kontrolin ang sinuman. Masasabi ba ninyo na may anumang gawain na hindi gawain ng sambahayan ng Diyos? Mayroon bang anumang gawain na hindi kinasasangkutan ng pagpapalaganap ng ebanghelyo ng kaharian ng Diyos? Lahat ng iyon ay gawain ng sambahayan ng Diyos, pantay-pantay ang bawat gawain, at walang “iyo” at “akin.” Kung ang paglilipat ay naaayon sa prinsipyo at batay sa mga pangangailangan ng gawain ng iglesia, dapat magpunta ang mga taong ito kung saan sila higit na kailangan. Magkagayunman, ano ang tugon ng mga anticristo kapag naharap sa ganitong uri ng sitwasyon? Humahanap sila ng iba’t ibang idadahilan at ikakatwiran para mapanatili ang mga naaangkop na taong ito sa kanilang tabi, at dalawang ordinaryong tao lang ang iniaalok nila, at pagkatapos ay nakakahanap sila ng dahilan para gipitin ka, sa pagsasabing napakaabala ng gawain, o kaya naman ay kulang sila sa tauhan, mahirap makahanap ng mga tao, at kung malipat ang dalawang ito, maaapektuhan ang gawain. At tatanungin ka nila kung ano ang dapat nilang gawin, at ipaparamdam nila sa iyo na may pagkakautang ka sa kanila kung maglilipat ka ng mga tao. Hindi ba sa ganitong paraan kumikilos ang mga diyablo? Ganito kung gumawa ng mga bagay-bagay ang mga walang pananampalataya. Ang mga taong laging sinisikap na protektahan ang sarili nilang mga interes sa iglesia—mabubuting tao ba sila? Mga tao ba sila na kumikilos ayon sa prinsipyo? Hinding-hindi. Sila ay mga walang pananampalataya at hindi mananampalataya. At hindi ba’t makasarili at ubod ng sama ito? Kung nalipat ang isang taong may mahusay na kakayahan mula sa nasasakupan ng isang anticristo para gumawa ng ibang tungkulin, masigasig na nilalabanan at tinatanggihan ito ng anticristo sa puso niya—nais na niyang magbitiw, at wala siyang gana na maging isang lider o pinuno ng pangkat. Anong problema ito? Bakit wala siyang pagsunod sa mga pagsasaayos ng iglesia? Iniisip niya na ang paglilipat sa kanyang “kanang-kamay” ay makakaapekto sa mga resulta at pag-usad ng kanyang gawain, at na maaapektuhan ang kanyang katayuan at reputasyon dahil dito, kaya mapipilitan siyang higit na magtrabaho at magdusa para magarantiya ang mga resulta—na siyang huling bagay na nais niyang gawin. Nasanay na siya sa kaginhawahan, at ayaw niyang

magtrabaho at magdusa pa nang husto, kaya ayaw niyang pakawalan ang taong iyon. Kung ipinagpipilitan ng sambahayan ng Diyos ang paglilipat, nagrereklamo siya nang husto at gusto pa nga niyang isantabi ang sarili niyang gawain. Hindi ba ito makasarili at ubod ng sama? Ang hinirang na mga tao ng Diyos ay dapat sentralisadong itinalaga ng sambahayan ng Diyos. Wala itong kinalaman sa sinumang lider, pinuno ng pangkat, o indibidwal. Lahat ay kailangang kumilos ayon sa prinsipyo; ito ang panuntunan ng sambahayan ng Diyos. Hindi kumikilos ang mga anticristo nang ayon sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos, palagi silang nagpapakana alang-alang sa sarili nilang katayuan at mga interes, at pinagseserbisyo sa kanila ang mga kapatid na may mahuhusay na kakayahan para palakasin ang kanilang kapangyarihan at katayuan. Hindi ba't makasarili ito at ubod ng sama? Sa panlabas, ang pagpapanatili ng mga taong may mahuhusay na kakayahan sa tabi nila at ang hindi nila pagpayag na ilipat ang mga ito ng sambahayan ng Diyos ay lumilitaw na parang iniisip nila ang gawain ng iglesia, pero ang totoo, iniisip lang nila ang sarili nilang kapangyarihan at katayuan, at hindi talaga ang tungkol sa gawain ng iglesia. Natatakot sila na hindi nila magagawa nang maayos ang gawain, matatanggal, at mawawala ang kanilang katayuan. Binabalewala ng mga anticristo ang mas malawak na gawain ng sambahayan ng Diyos, iniisip lang ang kanilang sariling katayuan, pinoprotektahan ang sarili nilang katayuan nang walang pakundangan sa idudulot nito sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, at dinedepensahan nila ang sarili nilang katayuan at mga interes kahit ikapinsala ng gawain ng iglesia. Makasarili ito at ubod ng sama. Kapag nahaharap sa gayong sitwasyon, dapat mag-isip kahit papaano ang isang tao gamit ang kanyang konsensiya: "Lahat ng taong ito ay kabilang sa sambahayan ng Diyos, hindi ko sila personal na pag-aari. Ako man ay miyembro ng sambahayan ng Diyos. Ano ang karapatan kong pigilan ang sambahayan ng Diyos sa paglilipat ng mga tao? Dapat kong isaalang-alang ang mga pangkalahatang interes ng sambahayan ng Diyos, sa halip na tutukan lamang ang gawain na saklaw ng aking sariling mga responsabilidad." Ganyan ang mga kaisipang dapat masumpungan sa mga taong nagtataglay ng konsensiya at katwiran, at ang katwiran na dapat taglayin ng mga nananampalataya sa Diyos. Nakikibahagi ang sambahayan ng Diyos sa pangkabuuang gawain at ang mga iglesia ay nakikibahagi sa mga parte ng gawain. Samakatwid, kapag may espesyal na pangangailangan mula sa iglesia ang sambahayan ng Diyos, ang pinakamahalaga para sa mga lider at manggagawa ay ang sundin ang mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos. Walang taglay na gayong konsensiya at katwiran ang mga huwad na lider at anticristo. Lahat sila ay sobrang makasarili, iniisip lang nila ang kanilang sarili, at hindi iniisip ang gawain ng iglesia. Isinasaalang-alang lang nila ang mga pakinabang na nasa harapan mismo nila, hindi nila isinasaalang-alang ang mas malawak na gawain ng sambahayan ng Diyos, kaya naman lubos na wala silang kakayahang sundin ang mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos. Sobra silang makasarili at ubod ng sama! Ang lakas pa nga ng loob nilang maging sagabal, at nangangahas pang magmatigas, sa sambahayan ng Diyos; ito ang

mga taong pinakawalang pagkatao, masasama silang tao. Ganyang uri ng mga tao ang mga anticristo. Lagi nilang itinuturing ang gawain ng iglesia, at ang mga kapatid, at maging ang lahat ng pag-aari ng sambahayan ng Diyos na nasa saklaw ng kanilang responsabilidad, bilang sarili nilang pribadong pag-aari. Naniniwala sila na sila ang magpapasya kung paano ipamamahagi, ililipat, at gagamitin ang mga bagay na ito, at na hindi pinapayagang makialam ang sambahayan ng Diyos. Kapag nasa mga kamay na nila ang mga ito, parang pag-aari na ang mga ito ni Satanas, walang sinuman pinapayagang hawakan ang mga ito. Sila ang mga bigatin, ang mga pinaka-amo, at sinuman ang pumunta sa kanilang teritoryo ay kailangang sumunod sa kanilang mga utos at pagsasaayos nang may mabuting asal at nang masunurin, at kumuha ng hudyat mula sa kanilang mga ekspresyon. Ito ang pagpapamalas ng pagiging makasarili at ubod ng sama sa karakter ng mga anticristo. Wala silang pagsasaalang-alang sa gawain ng sambahayan ng Diyos, hindi nila sinusunod ang prinsipyo kahit kaunti, at iniisip lamang ang sarili nilang mga interes at katayuan—na pawang mga tanda ng pagiging makasarili at ubod ng sama ng mga anticristo.

May isa pang sitwasyon. Pera man o mga aytem na inihandog ng mga kapatid, sa mga normal na kalagayan, anuman ang halaga, dapat ibigay ang lahat ng ito sa sambahayan ng Diyos. Gayumpaman, nagkakamali ang ilang anticristo sa paniniwalang “Pag-aari ng aming iglesia ang perang inihandog ng mga kapatid sa iglesia namin, at ang iglesia namin ang mag-iingat at gagamit nito. Walang sinuman ang may karapatang makialam sa kung paano namin ito gagamitin o ipapamahagi, at tiyak na wala silang kalipikasyong kunin ito.” Kaya, kung tatanungin mo sila kung magkano ang natanggap na mga handog ng iglesia, matatakot sila na baka kunin mo ito, at hindi nila sasabihin ang aktuwal na halaga. Puwedeng magtaka ang ilang tao, “Ano ang ibig sabihin na natatakot silang kunin ito? Gusto ba nila itong gastusin para sa sarili nila?” Hindi naman. Iniisip nila, “Kailangan din ng iglesia namin ng pera. Kung kukunin ito, paano namin isasagawa ang aming gawain?” May mga prinsipyo ang ang Itaas para sa mga usaping ito, kaya bakit hindi mo sundin ang mga prinsipyo kapag pinapangasiwaan mo ang mga ito? Nagtatabi sila ng sapat na magagamit para sa gawain ninyo, at ang natitira ay isinasaayos nang pantay-pantay ng sambahayan ng Diyos. Hindi pribadong pag-aari ng pamunuan ng iglesia ang mga yamang ito; pag-aari ito ng sambahayan ng Diyos. Gayumpaman, para matugunan ang kanilang mga ambisyon at pagnanais at para sa kapakanan ng sarili nilang gawain at para matiyak ang mga mapagkukunan sa loob ng saklaw ng impluwensiya nila, itinatago ng ilang anticristo ang mga bagay na ito at inaangkin nila ang mga ito, at hindi nila pinapayagang gamitin ang mga ito ng sinuman. Hindi ba’t pagpapamalas ito ng pagiging makasarili at ubod ng sama? Isa rin itong tipikal at partikular na pagpapamalas ng karakter ng mga anticristo.

Hindi mabuti, masama, pangit, buktot, napakababa, at ubod ng sama ang mga anticristong ito. Ang pag-usapan pa lang sila ay nakakadiri at nakakagalit na. Puwede silang magmukhang tao sa panlabas at magsalita nang kaaya-aya, na parang nauunawaan nila

ang lahat ng uri ng doktrina at bihasa sila sa mga ito, pero sa sandaling kumilos na sila, nalalantad ang pangit at masama nilang pagkatao, nakakainsulto sa paningin. Dahil nagtataglay ang bawat anticristo ng mga pangit at masamang katangiang ito sa karakter nila, may kapabilidad silang gumawa ng ganoon kasasamang gawa. Kaya tinatawag silang mga anticristo. May katuturan ba ang lohikang ito? (Mayroon.) Sa madaling salita, dahil sa presensya ng mga malupit at buktot na disposisyon sa karakter nila kaya nagagawa nilang gawin ang masasamang gawa ng mga anticristo, kaya nailalarawan sila bilang gayon. Ganoon nga iyon. Kung anticristo ang isang tao, magiging tumpak bang ilarawan ang pagkatao nila bilang mabait, matuwid, matapat, at sinsero? Tiyak na hindi. Kung palagiang nagsisinungaling ang isang tao, may katangian siya ng isang anticristo. Kung lihim na mapanira at malupit ang isang tao, taglay rin niya ang katangian ng isang anticristo. Kung ang isang tao ay makasarili, ubod ng sama, inuuna lang ang pansariling kapakinabangan, nag-aamok na gumagawa ng masasamang bagay, at walang kahihiyan, isa siyang masamang tao. Kung magkakaroon ng kapangyarihan ang ganoon kasamang tao, nagiging anticristo siya.

E. Kumakapit sa Makapangyarihan at Nang-aapi sa Mahihina

Ang pagkatao ng mga anticristo ay mayroon ding isang bagay na parehong kasuklam-suklam at kamuhi-muhi—iyon ay, kumakapit sila sa makapangyarihan at nang-aapi sa mahihina. Kung may ilang kilalang tao, may kapangyarihan o may katayuan sa iglesia o sa mundo, kahit sino pa sila, may walang hanggang inggit at paghanga ang mga anticristo sa kanilang puso para sa mga ito, binobola pa nga nila ang mga ito. Kapag nananampalataya sila sa Kristiyanismo, sinasabi nilang mga mananampalataya ang ilang pinuno sa politika, at kapag tinanggap nila ang yugtong ito ng gawain ng Diyos sa mga huling araw, iginigiit nila na tinanggap na rin ito ng ilang pastor mula sa mga kilalang denominasyon. Anuman ang gawin nila, palagi nila itong binibigyan ng engrandeng titulo, palagi nilang iginagalang at ginagaya ang mga kilalang tao, at nasisiyahan lang sila kapag nagagawa na nilang kumapit sa isang kilalang tao kahit papaano o sa isang tao na may katayuan. Pagdating sa mga tao na may katayuan, mabuti man sila o masama, walang tigil na nagpapalakas at nambobola ang mga anticristo at sumisipsip sa mga ito. Handa pa silang maghain ng tsaa at maglinis ng arinola para sa mga ito. Sa kabilang banda, kapag nakikitungo sa mga tao na walang katayuan, kahit gaano pa katuwid, kamatapat, at kabait ang mga indibidwal na ito, inaapi at tinatapak-tapakan sila ng mga anticristo sa tuwing may pagkakataon. Madalas nilang ipinagmamalaki kung paanong si Ganito ay isang business executive sa lipunan, kung gaano kayaman ang tatay ni Ganyan, kung gaano karami ang pera ni Ganoon, at kung gaano kalaki ang pamilya o kompanya ni Ganito, binibigyang-diin ang katanyagan nito sa lipunan. Pagdating sa mga huwad na lider at sa mga anticristo sa iglesia, kahit ano pang masasamang gawa ang gawin nila, hindi sila kailanman iniuulat, inilalantad, o kinikilatis ng mga anticristo. Sa halip, mahigpit nilang sinusundan ang mga ito nang malapitan, ginagawa ang anumang

sabihin sa kanila. Nagiging tagasunod, tagasuporta, at alipin sila ng kahit na anong antas ng lider na sinusunod nila. Kapag nakikitungo sa mga may kapangyarihan, impluwensiya, kayamanan, at katayuan, nagmumukha silang labis na masunurin, mababang-loob, at walang kakayahan. Labis silang masunurin at mapagpasakop, tumatango at sumusunod sa lahat ng sinasabi ng mga taong iyon. Gayumpaman, kapag nakikitungo sa mga ordinaryong tao na walang katayuan, nag-iiba ang ugali nila, nagsasalita sila nang nakatataas para makapangibabaw sa iba, gustong maging higit sa lahat, na para bang walang makakatalo sa kanila, na mas malakas at mas mataas sila kaysa sa sinuman, kaya mahirap makilatis ang anumang problema, kapintasan, o kahinaan sa kanila. Anong klaseng karakter ito? May kaugnayan ba ito sa pagiging lihim na mapanira, malupit, at walang kahihiyan? (Mayroon.) Ang pagkapit sa makapangyarihan at pang-aapi sa mahihina—hindi ba’t ito ang pangit at masamang bahagi ng pagkatao ng mga anticristo? Sa palagay ba ninyo, matuwid ba ang mga tao na may gayong pagkatao? (Hindi.) Totoo ba ang mga sinasabi nila sa mga may katayuan at mga makapangyarihan? Totoo ba ang mga sinasabi nila sa mahihina? (Walang totoo sa mga ito.) Samakatwid, may kaugnayan ang aytem na ito sa palagiang pagsisinungaling. Batay sa aytem na ito, lubhang karimarimar ang karakter ng mga anticristo, at mayroon silang dalawang ganap na magkaibang mukha. May palayaw ang ganitong uri ng tao—“hunyango.” Hindi nila kailanman tinatrato ang mga tao batay sa mga katotohanang prinsipyo, pagkatao, o kung hinahangad ba ng mga taong iyon ang katotohanan sa loob ng sambahayan ng Diyos. Sa halip, tinatrato nila ang mga tao nang magkaiba batay lang sa katayuan at impluwensiya ng mga ito. Kapag nakikitungo sa mga tao na may katayuan at mga abilidad, ginagawa nila ang lahat para magpalakas, mambola, at makalapit sa mga ito. Kahit bugbugin o sigawan pa sila ng mga taong ito, handa nila itong tiisin nang walang anumang reklamo. Patuloy pa nga nilang inaamin ang kawalan nila ng silbi at nagpapakaalipin sila, kahit na ang kanilang tunay na iniisip sa loob-loob nila ay ganap na iba sa panlabas nilang pag-uugali. Kung magsalita ang isang tao na may katayuan at katanyagan, kahit na panlilinlang at maling pananaw ito ni Satanas na ganap na walang kinalaman sa katotohanan, pakikingingan nila ito, tatango sila sa pagsang-ayon, at tatanggapin nila ito nang paimbabaw. Sa kabilang banda, kung walang kapabilidad o katayuan ang isang tao, gaano man katama ang mga salita nito, hindi ito papansinin ng mga anticristo at mamaliitin nila ito. Kahit na umaayon sa mga prinsipyo at katotohanan ang kanyang sinasabi, hindi nila ito pakikingingan, sa halip ay pabubulaanan, kukutyain, at pagtatawanan nila ito. Isa pa itong katangian na makikita sa karakter ng mga anticristo. Batay sa kanilang mga paraan at prinsipyo ng pag-asal at pakikitungo sa mundo, maaaring tiyak na mailarawan ang mga indibidwal na ito bilang walang dudang hindi mananampalataya. Mababa, marumi, at napakababa ang mga pagpapamalas ng karakter nila.

Ang pagkapit sa makapangyarihan at pang-aapi sa mahihina ay isang tipikal na pamamaraan ng pakikipag-ugnayan para sa mga tao na tulad ng mga anticristo. Nakikipag-usap sila nang masigla at nakikipaglapit sa mga walang pananampalataya,

pero kapag bumabaling na sila sa mga kapatid, wala silang masabi at wala silang mapag-usapan. Mga anticristo ang mga ito. Kapag pinag-uusapan ang mga bagay na may kinalaman sa pananalig sa Diyos, paggawa ng mga tungkulin, buhay pagpasok, o mga pagbabago ng disposisyon, wala silang masabi at wala silang interes. Gayumpaman, kapag pinag-uusapan ang mga walang pananampalataya, lalo na ang mayayaman at may mga impluwensiya, mga politiko, mga elitista sa lipunan, mga kilalang tao sa musika at pelikula, mga uso sa lipunan, at mga usaping may kinalaman sa pagkain at libangan, nagiging napakadaldal nila at hindi sila mapigilan. Parang partikular na hinahangad nila ang gayong buhay at katayuan sa lipunan. Kahit na nananampalataya sa Diyos ang mga gayong indibidwal, dahil lang ito sa sarili nilang mga suliranin at mga nakatagong intensyon at layon. Naniniwala sila sa Diyos para lang sa mga pagpapala, at kahit na pagkatapos nilang manampalataya sa Diyos, hindi pa rin nila mabitiwan ang mga gayong bagay. Kaya naman, kapag pinag-uusapan ang mga bagay na may kinalaman sa pagkain at libangan, sumisigla sila. Kapag nakikipag-usap sa mga kapatid, nag-iiba ang sitwasyon. Mula sa kaibuturan ng kanilang puso at kaluluwa, minamaliit nila ang mga nananampalataya sa Diyos, ang mga naghahangad sa katotohanan, at ang mga matapat at matuwid. Dinidiskrimina at hinahamak nila ang mga gayong indibidwal. Kapag nakikita ng mga anticristo ang mga lider sa iglesia, iniisip nila, “Hindi sila mukhang mga lider; hindi talaga sila katulad ng mga opisyal. Kompara sa mga makamundong opisyal, lubos na mas mababa sila, walang asal at estilo!” Kung malalaman nila na walang mataas na antas ng edukasyon ang ilang lider, dinidiskrimina nila ang mga ito sa kanilang puso. Ano sa palagay ninyo ang naiisip nila kapag nakikita nila Ako? Sa isang sulyap, iniisip nila, “Si cristo, ang nagkatawang-taong diyos, ay isang walang kuwentang tao na walang mataas na edukasyon, na hindi naman kataasan, na ang hitsura ay hindi kaakit-akit, na walang asal, at ang pananamit ay pangkaraniwan. Sinasabi ng lahat na nasa kanya ang katotohanan; ito lang ang bagay na dapat bigyang-pansin, at wala nang iba pang kahanga-hanga sa kanya. Tingnan mo ang suot ng mga makapangyarihang tao sa lipunan! Anong mga tatak ng suot mong damit at sapatos? Ano ang estilo ng buhok mo? Nagpagupit ka ba sa isang kilalang salon? Magkano ang isang gupit?” Sinasabi Ko, “Wala Akong ginagastos kahit isang sentimos sa pagpapagupit; Ako Mismo ang naggugupit ng buhok Ko sa bahay.” Sinasabi nila, “Nagpapa-beauty treatment ka ba? Nagho-hotel ka ba? Anong star rating? Nakasakay ka na ba sa isang luxury cruise?” Sinasabi Ko, “Hindi Ko alam ang mga bagay na ito.” Sinasabi nila, “Kung gayon, talagang ignorante ka. Sa marangal na pagkakakilanlan at katayuan mo, bakit wala kang kaalaman o pag-unawa sa mga marangya at de-kalidad na bagay sa mundo? Sa kalagayan mo, dapat mo itong maranasan nang kaunti. Sa pinakamababa, kailangan mong pumunta sa isang mamahaling salon, manatili sa isang five-star hotel, at sumakay sa isang luxury cruise. Sa pinakamababa, dapat kang umupo sa first class kapag nasa eroplano ka.” Kapag nakikita nila Ako, mababa ang tingin nila sa Akin, pero kailangan nilang kilalanin ang isang bagay, at iyon ay, “Hindi ko pa narinig noon ang anuman sa mga bagay na

sinabi mo sa mga pagtitipon: dapat kong pakinggan ang sinasabi mo.” Pero pagkatapos ng mga pagtitipon, hindi na nila Ako kinikilala. Katulad ng isang lobo: Pagkatapos mo itong pakainin, tumatalikod ito at kakagatin ka. Iyon ang kalikasan ng lobo. Kapag nakikita ng mga anticristo ang mga ordinaryong kapatid na walang pera o impluwensiya, na simpleng nagmamahal sa katotohanan at kayang maghangad para dito, at kusang-loob na ginagawa ang mga tungkulin ng mga ito, hinahamak at ibinubukod nila ang mga ito. Kapag tumitingin sila kay Cristo at nakikita nila ang isang karaniwang tao, isang tao na sa bawat aspekto, sa hitsura, anyo, at asal, ay isang simple at karaniwang tao, kaya ba nilang agad na baguhin ang kanilang panloob na disposisyon at pananaw? (Hindi.) Ang saloobin nila sa mga bagay ay batay sa kanilang karakter. Dahil wala silang normal na pagkatao, ang saloobin nila kay Cristo ay walang alinlangang katulad ng kanilang saloobin sa isang karaniwang tao. Walang kahit kaunting respeto; itinatakda ito ng kanilang diwa at karakter. Ang pagpapamalas ng aspektong ito ng pagkatao ng isang anticristo ay kasingkasuklam-suklam at kasingkapoot-poot ng iba pang mga aspekto.

Ang iba’t ibang katangiang katatapos lang nating pagbahaginan tungkol sa karakter ng isang anticristo ay puwedeng isa-isang magbunyag ng kabutihan o kasamaan, pagiging mataas o mababa ng karakter nila. Mataas ba o mababa ang karakter ng isang tao na palagiang nagsisinungaling? (Mababa.) Mabuti ba o masama ang pagkatao ng isang makasarili at ubod ng samang tao? (Masama.) Mabuti ba o masama ang pagkatao ng isang tao na walang kahihiyan? (Masama.) Mataas ba o mababa ang karakter ng isang lihim na mapanira at malupit na tao? (Mababa.) Kumusta ang karakter ng isang tao na marunong lang kumapit sa makapangyarihan at mang-api sa mahihina, na sumusunod lang sa mga gayong prinsipyo? (Karumal-dumal.) Lubhang karumal-dumal ang mga gayong indibidwal, hindi lang walang normal na pagkatao kundi maaaring sabihing hindi sila tao—basura sila, mga diyablo sila. Isang diyablo ang sinumang wala ni kaunting konsensiya at katwiran, hindi isang tao.

F. Mas Mapaghangad sa mga Materyal na Bagay Kaysa sa Normal na mga Tao

May isa pang pagpapamalas sa pagkatao ng mga anticristo: Mas mapaghangad sila sa mga materyal na bagay kaysa sa normal na mga tao. Ibig sabihin, napakalaki ng kanilang pagnanais at hinihingi sa mga materyal na bagay—wala itong limitasyon. Puno sila ng mga hangarin para sa isang marangyang pamumuhay, at walang hangganan ang kasakiman nila. Maaaring sabihin ng ilan: “Walang ganitong pagpapamalas ang karamihan sa mga anticristo.” Ang hindi pagtataglay nito ay hindi nangangahulugang wala ito sa pagkatao nila. Kapag nagkaroon na ng katayuan ang mga gayong tao, ano ba ang mga prinsipyo nila sa kanilang pagkain, pananamit, at hitsura? Sa sandaling magkaroon sila ng katayuan, dapat na makuha nila ang kanilang gusto, nakakahanap sila ng mga oportunidad, mayroon silang mga partikular na kondisyon, at nag-iiba ang pamumuhay nila. Nagiging maselan sila sa kinakain nila, binibigyang-diin ang karangyaan

at luho. Ipinipilit nilang magsuot at gumamit ng mga aytem na may kilalang tatak, at ang mga tahanang tinitirhan nila at ang mga sasakyang minamaneho nila ay kailangang mataas ang kalidad at marangya. Kahit na bumibili sila ng isang praktikal na sasakyan, kailangang may mga mamahalin itong accessory. Maaaring magtanong ang ilan: “Kung wala silang pera, bakit labis silang nagpapahalaga sa mga bagay na ito?” Kahit wala silang pera, hindi ibig sabihin na hindi nila hinahangad ang mga gayong bagay o na wala ang pagnanais na ito sa pagkatao nila. Kaya naman, kapag nakakuha ng kontrol ang mga anticristo sa mga handog sa sambahayan ng Diyos, winawaldas nila ito nang walang pakundangan. Gusto nilang bilhin at tamasahin ang lahat ng bagay, hanggang sa puntong nawawalan na sila ng kahihiyan at mahirap nang mapigilan. Kailangan nilang uminom ng de-kalidad na tsaa na inihahain sa mga pinagintong tasa, ang kanilang mga pagkain ay dapat mararangyang piging, ipinipilit nilang uminom ng espesyal na klase ng ginseng, at gumagamit lang sila ng mga kompiyuter at cellphone na mula sa mga kilalang tatak na laging ang mga pinakabagong modelo. Nagkakahalaga ng libo-libong yuan ang mga salaming suot nila, gumagastos sila ng daan-daan sa pagpapa-estilo ng buhok, at nagbabayad sila ng libo o higit pa para sa mga sesyon ng masahe at sauna. Sa madaling salita, iginigiit nila na ang lahat ay maging pinakamataas na kalidad at kilalang tatak, nais nilang tamasahin anuman ang tinatamasa ng mga kilalang tao at makapangyarihang tao. Kapag nagkaroon na ng katayuan ang mga anticristo, nahahalata na ang lahat ng pangit na bagay na ito. Sa mga pagtitipon, kung tatlo hanggang limang tao lang ang nakikinig sa pangangaral nila, hindi sila nasasapatan dito at iginigiit nila na magkaroon ng tatlo hanggang limandaang tao. Kapag sinasabi ng iba na may mga hindi paborable na kalagayan sa labas, kaya ayos na rin ang pagtitipon ng tatlo hanggang limang tao, agad silang tutugon: “Hindi ito puwede—bakit kakaunti ang nakikinig sa sermon ko? Hindi sulit ang oras ko rito. Kailangan nating bumili ng malaking gusali ng iglesia na kayang maglaman ng sampung libong tao para maging mas marangal ang sermon.” Hindi ba’t naghahanap sila ng kanilang kamatayan? Ito ang uri ng bagay na ginagawa ng mga anticristo. Hindi ba’t nagiging wala rin silang kahihiyan? Mayroon silang napakatinding di-mapigilang pagnanais at interes sa marangyang pamumuhay at mga materyal na bagay, na isa pang katangian sa karakter ng mga anticristo. Sa sandaling may magbanggit ng mamahaling pagkain, mararangyang sasakyan, mga damit na may kilalang tatak, mga de-kalidad at mamahaling aytem, nagniningning ang mga mata nila sa kasakiman, at lumilitaw ang pagnanais nila. Paano lumilitaw ang pagnanais na ito? Hindi maikakaila na isa itong pagbubunyag ng malademonyo nilang kalikasan. Maaaring kapos sa pera ang ilang anticristo, at kapag nakakakita sila ng isang tao na may suot na mamahaling alahas o isang singsing na diyamante na may dalawa o tatlong carat, nagniningning ang mga mata nila, at iniisip nila, “Kung hindi ako nananampalataya sa diyos, makakapagsuot ako ng limang carat na singsing.” Naiisip nila na wala man lang silang isang carat na singsing, at sumasama ang loob nila at nararamdaman nilang hindi sulit ang manampalataya sa Diyos. Pero, nang mas

isaalang-alang pa nila ito, naiisip nila, “Makakatanggap ako ng malalaking pagpapala sa hinaharap dahil sa pananalig ko sa diyos. Maaari akong magkaroon ng limandaang carat na diyamante at isuot ito sa ulo ko.” Hindi ba’t mayroon silang mga pagnanais? Kapag nakakakita sila ng mayayamang indibidwal sa TV na nakasuot ng mga damit na may kilalang tatak at naglalayag sa mararangyang cruise ship sa dagat, nararamdaman nila na ito ay napakasaya, romantiko, marangal, at nakakainggit. Naglalaway sila rito, sinasabi nila, “Kailan kaya ako magiging ganoong klaseng tao, isang higante sa mga tao? Kailan ko kaya matatamasa ang gayong buhay?” Pinapanood nila ito nang paulit-ulit hanggang sa maisip nila na tunay na nakakabagot ang pananampalataya sa Diyos. Ngunit pagkatapos ay muli silang nagninilay, iniisip nila “Hindi ako dapat mag-isip nang ganito. Bakit ba ako nananampalataya sa diyos? ‘Kailangang tiisin ng isang tao ang pinakamatitinding hira para maging pinakadakila sa mga tao.’ Sa hinaharap, magiging mas maganda ang buhay ko kaysa sa kanila. Sumasakay sila sa mga luxury cruise, ngunit sasakay ako sa isang marangyang eroplano o sa isang marangyang flying saucer—pupunta ako sa buwan!” May kaunti man lang bang katuturan ang mga kaisipang ito? Naaayon ba ang mga ito sa normal na pagkatao? (Hindi.) Isa pa itong elemento sa pagkatao ng mga anticristo—isang labis na hindi mapigilang pagnanais para sa mga materyal na bagay at sa marangyang pamumuhay. Kapag nakuha na nila ang mga ito, nagiging walang hanggan ang kasakiman nila, na may mga titig at kalikasan na ganid, na gustong mag-angkin ng mga bagay na ito magpakailanman. Sa pagkatao ng mga anticristo, hindi lang ito tungkol sa pagkainggit sa mga makapangyarihan; ninanais din nila ang mga materyal na bagay at mataas na kalidad ng pamumuhay. Ang normal na pagkatao ay may makatwirang saklaw ng pangangailangan para sa buhay at mga materyal na bagay: Mayroon silang mga pang-araw-araw na pangangailangan, mga pangangailangan ng trabaho at kapaligiran ng pamumuhay, pati na rin ang kanilang mga pisikal na pangangailangan. Sapat nang natutugunan ang mga pangangailangang ito, at itinuturing na medyo normal ang kontrolin ang mga ito base sa kapasidad at kalagayang pang-ekonomiya ng isang tao. Gayumpaman, hindi normal at walang patid ang pangangailangan at pagpapakasasa ng mga anticristo sa mga materyal na bagay. Partikular na hinahangad ng ilang anticristo ang mataas na kalidad ng pamumuhay—kapag nakatira sila sa isang pamilyang nagpapatuloy sa bahay kung saan puro simple ang mga pagkain, medyo naiirita sila. Bukod pa rito, kung ang mga tao sa pamilyang ito ay naghahangad sa katotohanan, medyo matatapat, at hindi sila binobola, hindi sumisipsip sa kanila o sinasabi ang gusto nilang marinig, lalo silang nasusuklam, iniisip nila, “Saan kaya ako makakakain ng masarap na pagkain at makakatira sa isang malaking bahay? Sino kaya ang may magandang kondisyon ng pamumuhay? Sino ang may sasakyan at maipagmamaneho ako kung saan-saan at magsusundo sa akin para hindi na ako maglalakad?” Palagi nilang pinagkakaabalahan ang mga gayong bagay. Mayroon bang mga gayong tao sa paligid ninyo? Ganito ba kayong uri ng tao? (Nasa pagkatao rin namin ang mga bagay na ito.) Kung gayon, kaya ba ninyong kontrolin ang

mga ito? Ang pagtatamasa ng kaginhawaan ay hindi katulad ng walang hanggang kasakiman; dapat kinokontrol ito nang hindi ito nakakaapekto sa pagganap ng tungkulin. Ito ang pagkatao ng mga normal na tiwaling tao. Gayumpaman, ang mga anticristo ay hindi nagkokontrol; walang hanggan ang kasakiman nila at palagian silang mapang-angkin. Tungkol sa pagpapamalas na ito, mayroon pa ba kayong gustong idagdag? (Diyos, nakakita na ako ng isang anticristo noon. Noong panahong iyon, binilhan siya ng isang sister ng higit sa sampung down jacket, lahat ay mula sa kilalang tatak, at paisa-isa itong isinuot ng anticristong ito, nagpapalit ng bagong jacket sa tuwing lumalabas siya. Nang maglaon, naging lider siya, at ginamit niya ang mga handog sa Diyos para bumili ng isang sedan. May isang tao pang bumili ng magandang bahay para sa kanya upang doon siya patuluyin, at kapag namimili siya, ang sister na ito na nagpapatuloy sa kanya sa bahay ay mahigpit na nakasunod sa kanya. Kung magustuhan niya ang isang damit, ituturo lang niya ito, at magmamadali ang tagapagpatuloy na sister na bilhin ito para sa kanya. Kapag umuuwi siya sa bahay, tatawag siya sa pamilyang nagpapatira sa bahay nang maaga at sasabihing gusto niyang kumain ng mga dumpling. Kailangang eksakto sa oras ang pagpapakulo sa mga dumpling—hindi masyadong maaga, o lalamig ang mga ito, at hindi masyadong huli, o magugutom siya habang naghihintay pagdating niya sa bahay. Para siyang isang emperatris; napakamarangya ng pamumuhay niya. Kalaunan, pinatalsik ang anticristong ito.) Tingnan ninyo kung gaano kamangmang at kahangal ang mga taong ito, bumili sila ng bahay at sedan para sa isang anticristo! Naniniwala ang mga anticristo na dumarating ang mga tao sa mundong ito para tamasahin ang mga bagay, na kung hindi magtatamasa ng mga bagay na ito, walang saysay ang buhay nila. Ito ang kanilang prinsipyo at teorya. Tama ba ang teoryang ito? Pawang pananaw lang ito ng mga walang pananampalataya, mga halimaw, at mga patay na tao na walang espiritu. Ang mga tao na nananampalataya sa Diyos pero may mga gayong pananaw pa rin ay ganap na mga hindi mananampalataya at walang pananampalataya. Kapag nagkakaroon ng katayuan ang mga gayong tao, nagiging ganap silang mga anticristo, at kung walang katayuan, masasamang tao sila.

Ang palagiang pagsisinungaling, pagiging lihim na mapanira at malupit, walang pagpapahalaga sa dangal at walang kahihiyan, pagiging makasarili at ubod ng sama, pagkapit sa makapangyarihan at pang-aapi sa mahihina, at pagiging mas mapaghangad sa mga materyal na bagay kaysa sa normal na mga tao—tipikal ang mga katangiang ito ng karakter ng mga anticristo, labis na kumakatawan, at halatang-halata. Bagama't maaaring makita ang ilan sa mga pagpapamalas na ito sa mga ordinaryong tao sa ilang antas, ang mga pagpapamalas nila ay simpleng tiwaling disposisyon o mga pagpapamalas ng hindi normal na pagkatao o ng kawalan ng pagkatao na lumilitaw mula sa pagtitiwali ni Satanas. Sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga salita ng Diyos, ang mga taong ito ay nagkakaroon ng kamalayan ng konsensiya at abilidad na bitiwat at maghimagsik laban sa mga bagay na ito, at magsisi. Hindi gumaganap ng pangunahing papel ang mga katangiang ito sa kanila, at hindi maaapektuhan ng mga ito ang paghahangad nila

sa katotohanan o ang pagganap nila ng mga tungkulin. Tanging ang mga anticristo ang tumatangging tanggapin ang katotohanan gaano man karaming sermon ang marinig nila. Hindi magbabago ang mga pag-uugali at katangian na taglay ng kanilang pagkatao, at iyon ang dahilan kung bakit kinokondena sa sambahayan ng Diyos ang mga gayong tao at hindi kailanman maliligtas. Bakit hindi sila maliligtas? Hindi maliligtas ang mga taong may gayong karakter dahil tumatanggi silang tanggapin ang katotohanan, at dahil mapanlaban sila sa katotohanan, sa Diyos, at sa lahat ng positibong bagay. Wala sila ng mga kondisyon at ng pagkatao para sa kaligtasan, at dahil dito, nakatadhana ang mga taong ito na matiwalag at maipatapon sa impiyerno.

Disyembre 12, 2020

Ikalimang Ekskursus

Pagbubuod sa Karakter ng mga Anticristo at sa Kanilang Disposisyong Diwa (Ikalawang Bahagi)

II. Ang Pagkakaiba sa Pagitan ng Karakter at Disposisyong Diwa

Noong nakaraan, ibinuod natin ang karakter ng mga anticristo. Puwede bang ibahagi ninyo kung ano ang mga bumubuo nito? (Ang unang aytem ay ang palagiang pagsisinungaling, ang pangalawa ay ang pagiging lihim na mapanira at malupit, ang pangatlo ay ang kawalan ng pagpapahalaga sa dangal at kawalan ng kahihyan, ang pang-apat ay ang pagiging makasarili at ubod ng sama, ang panglima ay ang pagkapit sa makapangyarihan at pang-aapi sa mahihina, at ang pang-anim ay ang pagiging mas mapaghangad sa mga materyal na bagay kaysa sa normal na mga tao.) Sa kabuuan ay may anim na aytem. Kung titingnan ang anim na aytem na ito, walang pagkatao, konsensiya, at katwiran ang karakter ng mga anticristo. Mababa ang integridad nila, at kasuklam-suklam ang karakter nila. Sabihin nating hindi mo alam o hindi mo maarok ang disposisyon ng isang tao, o kung mabuti o masama ba ito, pero sa pamamagitan ng pag-aaral sa karakter niya, natutuklasan mo, halimbawa, na may kasuklam-suklam siyang karakter, tulad ng palagiang pagsisinungaling, kawalan ng pagpapahalaga sa dangal, o pagiging lihim na mapanira at malupit. Kung gayon ay puwede mo siyang paunang ilarawan bilang isang taong walang konsensiya, mabuting puso, o marangal na karakter, sa halip ay ilarawan mo siya bilang isang taong may di-mabuti, napakababa, at masamang pagkatao. Kung walang katayuan ang mga gayong tao, puwede silang pansamantalang ilarawan bilang masasamang tao; batay sa karakter nila, puwede ba silang ganap at lubusang ilarawan bilang mga anticristo? Kung isasaalang-alang lang natin ang mga pagpapamalas na ito ng pagkatao nila, puwedeng ilarawan bilang mga anticristo ang mga gayong tao nang may 80% na katiyakan. Hindi lamang nila taglay ang disposisyon ng mga anticristo, at hindi lang ito simpleng kaso na masama, di-mabuti, at mababa ang pagkatao nila, kaya puwede natin silang paunang ilarawan bilang mga anticristo. Dahil walang sinuman na nailalarawan bilang isang anticristo ang may mabuting pagkatao, pagkamatapat, kabutihan, kasimplehan, katuwiran, sinseridad sa iba, o pagpapahalaga sa dangal; walang sinumang nagtataglay ng mga aspektong ito ng karakter, ang isang anticristo. Una sa lahat, napakababa ng pagkatao ng mga anticristo. Wala silang konsensiya at katwiran, at tiyak na hindi nila taglay ang karakter na mayroon ang mga taong may pagkatao at marangal na integridad. Samakatwid, batay sa karakter ng mga anticristo, kung wala silang katayuan at isang ordinaryong tagasunod lang sila o karaniwang miyembro ng isang grupo na gumagawa ng kanilang tungkulin, pero kung napakababa ng karakter nila, at taglay nila iyong mga katangian ng karakter ng isang anticristo, puwede nating paunang ilarawan ang mga taong ito bilang

mga anticristo. Ano ang dapat gawin sa mga taong hindi makilatis? Hindi sila dapat iangat o bigyan ng katayuan. Puwedeng sabihin ng ilan, “Kung bibigyan natin sila ng katayuan, hindi ba’t iyon ang makatutukoy kung mga anticristo ba sila o hindi?” Tama ba ang pahayag na iyon? (Hindi.) Kung bibigyan natin ng katayuan ang mga gayong tao, gagawin nila ang mga bagay na ginagawa ng mga anticristo, at gagawin nila ang anumang kayang gawin ng isang anticristo. Una, magtatatag sila ng mga nagsasariling kaharian, at bukod pa roon, kokontrolin nila ang mga tao. Gagawa ba ang ganitong klase ng tao ng mga bagay na kapaki-pakinabang sa sambahayan ng Diyos? (Hindi.) Kapag nagkamit ng katayuan ang mga gayong tao, puwede na silang magtatag ng mga nagsasariling kaharian, kumilos nang walang habas, magdulot ng mga kaguluhan at pagkagambala, bumuo ng mga paksiyon, at isagawa ang lahat ng gawa ng masasamang tao. Katulad ito ng pagpapapasok ng isang soro sa ubasan, inilalagay ang hinirang na mga tao ng Diyos sa kamay ng masasamang tao, at dinadala sila sa mga diyablo at mga Satanas. Kapag nagkakaroon ng kapangyarihan ang mga ganitong tao, tiyak na walang pagdududang mga anticristo sila. Kung tutukuyin na anticristo ang isang tao batay lang sa karakter niya, para sa maraming tao na walang kamalayan sa mga katunayan, na hindi nakakaunawa o hindi nakakakilatis sa disposisyong diwa ng mga anticristo, maaaring mukhang medyo kalabisan naman ito. Puwedeng iniisip nila, “Bakit tuluyang isasantabi o kokondenahin ang isang tao batay lamang dito? Parang hindi naman patas na bansagan silang anticristo bago pa man sila gumawa ng kahit ano.” Gayumpaman, batay sa disposisyong diwa ng mga anticristo, tiyak na wala silang mabuting pagkatao. Una, tiyak na hindi sila mga tagapaghangad ng katotohanan; pangalawa, tiyak na hindi nila mahal ang katotohanan; higit pa rito, tiyak na hindi sila ang uri ng mga tao na nagpapasakop sa mga salita ng Diyos, may takot sa Diyos, at umiiwas sa kasamaan. Para sa mga taong walang mga gayong katangian, malinaw na malinaw kung ang karakter nila ay marangal o mababa, mabuti o masama.

Noong huling pagtitipon, pinagbahaginan natin ang iba’t ibang pag-uugali, paraan ng pagsasalita at pangangasiwa sa mga usapin, at iba pa, na naipapamalas sa pamamagitan ng karakter ng mga anticristo. Kung hindi natin lubos na matutukoy kung anticristo ang isang tao batay sa karakter niya, kinakailangan nating magbahaginan pa sa disposisyong diwa ng mga anticristo. Sa pamamagitan ng pagsusuri at pagkilatis sa karakter ng mga anticristo sa isang aspekto, at sa disposisyong diwa nila sa isa pang aspekto, sa pamamagitan ng pagsasama ng dalawang ito ay matutukoy natin kung taglay lang ng isang tao ang disposisyon ng isang anticristo o kung isa nga siyang anticristo. Ngayon, ibuod natin kung anong mga disposisyong diwa mayroon ang mga anticristo. Isa itong mas mahalagang katangian na nagtutulot sa atin na mas mabuting makilala, makilatis, o matukoy kung isang anticristo ang isang tao.

Tungkol sa disposisyon, dati na natin itong ibinuod nang kongkreto—ano ang mga tiwaling disposisyon ng mga tao? (Pagiging mapagmatigas, mayabang, mapanlinlang, tutol sa katotohanan, malupit, at buktot.) Humigit-kumulang na anim ang mga ito, at ang

iba pang mga pagpapakahulugan ng mga disposisyon tulad ng pagiging makasarili at ubod ng sama ay medyo may kaugnayan o katulad ng isa sa anim na ito. Sabihin mo sa Akin, may pagkakaiba ba sa pagitan ng karakter ng isang tao at sa disposisyong diwa niya? Ano ang pagkakaiba? Pangunahing sinusukat ang karakter sa pamamagitan ng konsensiya at katwiran. Kasama rito kung may integridad ba ang isang tao, kung marangal ba ang integridad niya, kung may dignidad ba siya, kung may taglay ba siyang moralidad ng tao, ang antas ng moralidad niya, kung may limitasyon ba siya at mga prinsipyo sa asal niya, kung mabuti o masama ba ang pagkatao niya, at kung simple at matapat ba siya—ang mga aspektong ito ay nauukol sa karakter ng tao. Sa diwa, ang karakter ay binubuo ng mga pagpili at pagkiling sa mabuti at masama, sa mga positibo at negatibong bagay, at sa tama at mali na ipinapamalas ng mga tao sa pang-araw-araw nilang buhay—ang mga ito ang sakop nito. Sa pangunahin ay hindi sangkot dito ang katotohanan; sinusukat lamang ito gamit ang pamantayan ng konsensiya kasama ang mabuti at masamang pagkatao, at hindi talaga umaabot sa antas ng katotohanan. Kung sangkot ang disposisyon, dapat itong sukatin batay sa diwa ng isang tao. Kung mas pinipili ba niya ang mabuti o masama, at, pagdating sa katarungan at kabuktutan gayundin sa mga positibo at negatibong bagay, kung ano ang ipinapamalas niya, kung ano talaga ang mga pinipili niya at ang disposisyong ibinubunyag niya, at ano ang puwedeng maging mga reaksiyon niya—kailangang sukatin ang mga bagay na ito gamit ang katotohanan. Kung medyo mabait ang karakter ng isang tao, kung may konsensiya at katwiran siya, masasabi ba na wala siyang tiwaling disposisyon? (Hindi.) Kung napakabait ng isang tao, may taglay ba siyang kayabangan? (Oo, mayroon.) Kung napakamatapat ng isang tao, mayroon ba siyang disposisyong matigas ang kalooban? (Oo, mayroon.) Masasabing gaano man kabuti ang karakter ng isang tao, gaano man karangal ang integridad niya, wala sa mga ito ang nangangahulugang wala siyang tiwaling disposisyon. Kung may konsensiya at katwiran ang isang tao, nangangahulugan ba ito na hindi niya nilalabanan ang Diyos kahit kailan o hindi siya naghihimagsik laban sa Kanya kahit kailan? (Hindi.) Kaya, paano nagaganap ang ganitong paghihimagsik? Ito ay dahil may tiwaling disposisyon ang mga tao, at sa disposisyong diwa nila, mayroong pagiging matigas ang kalooban, mayabang, buktot, at iba pa. Samakatwid, gaano man kabuti ang karakter ng isang tao, hindi ito nangangahulugan na taglay niya ang katotohanan, na wala siyang tiwaling disposisyon, o na maiiwasan niyang labanan, ipagkanulo ang Diyos at maghihimagsik laban sa Diyos, at magpasakop sa Diyos nang hindi hinahangad ang katotohanan. Kung mayroon siyang mabuting karakter, kung siya ay medyo simple, matapat, matuwid, mabuti ang puso, at may pagpapahalaga sa dangal, nangangahulugan lang ito na kaya niyang tanggapin ang katotohanan, mahalin ang katotohanan, at magpasakop sa kung ano ang ginagawa ng Diyos, dahil taglay niya ang karakter na kayang tumanggap sa katotohanan.

Ang mabuti o masamang karakter ay sinusukat gamit ang mga pangunahing pamantayan tulad ng konsensiya, moralidad, at integridad. Gayumpaman, dapat sukatin ang disposisyong diwa ng isang tao gamit ang anim na tiwaling disposisyon na nabanggit

kanina. Kung ang isang tao ay may mataas na pamantayan sa moralidad, may integridad, konsensiya, katwiran, at mabuting puso, masasabi lamang na medyo mabuti ang karakter niya. Gayumpaman, hindi ito nangangahulugan na nauunawaan ng taong ito ang katotohanan, na tinataglay niya ang katotohanan, o na kaya niyang pangasiwaan ang mga usapin ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Ano ang pinatutunayan nito? Kahit na mayroon siyang mabuting karakter, medyo marangal na integridad, at mas mataas na pamantayan sa moralidad sa pag-asal at pagkilos niya, hindi iyon nangangahulugan na wala siyang tiwaling disposisyon, na taglay niya ang katotohanan, o na ganap na naaayon sa mga hinihingi ng Diyos ang disposisyon niya. Kung hindi nagpapakita ng pagbabago ang tiwaling disposisyon ng isang tao at hindi niya nauunawaan ang katotohanan, gaano man kabuti ang karakter niya, hindi siya tunay na isang mabuting tao. Ipagpalagay nang nakakaranas ng relatibong pagbabago sa disposisyon ang isang tao, ibig sabihin, hinahanap niya ang katotohanan sa mga kilos niya, maagap niyang sinusunod ang mga katotohanang prinsipyo sa kung paano niya pinapangasiwaan ang mga usapin, at nagpapasakop siya sa katotohanan at sa Diyos, at bagaman paminsan-minsan pa ring lumilitaw ang tiwaling disposisyon niya, nagbubunyag siya ng kayabangan at pagkamapanlinlang, at sa malulubhang kaso, ng malupit na disposisyon, pero sa kabuuan, ang pinagmulan, direksiyon, at pakay ng mga kilos niya ay naaayon sa mga katotohanang prinsipyo, at kapag kumikilos siya, ginagawa niya ito nang may paghahanap at pagpapasakop. Kaya, masasabi bang mas marangal ang karakter niya kumpara sa mga taong hindi nagpapakita ng pagbabago sa disposisyon? (Oo.) Kung likas lang na mabuti ang karakter ng isang tao, at sa mata ng iba ay mabuti ang pagkatao niya, pero hindi talaga niya nauunawaan ang katotohanan, puno siya ng mga kuru-kuro at imahinasyon tungkol sa Diyos, hindi niya alam kung paano danasin ang mga salita ng Diyos, at wala siyang kamalayan kung paano tanggapin ang mga pamamatnugot at pagsasaayos ng Diyos, lalo na kung paano magpasakop sa lahat ng ginagawa ng Diyos, isa ba siyang tunay na mabuting tao? Kung tutuusin, hindi siya tunay na mabuting tao, pero tumpak na masasabi na medyo mabuti ang karakter niya. Ano ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng medyo mabuting karakter? Ang ibig sabihin nito ay pagkakaroon ng relatibong integridad, pagiging medyo patas at makatarungan sa mga kilos at pakikitungo niya sa iba, hindi pagsasamantala sa iba, pagiging medyo matapat, hindi pananakit o pamiminsala sa iba, pagkilos nang may konsensiya, at pagkakaroon ng tiyak na pamantayan sa moralidad, higit pa sa simpleng pag-iwas na lumabag sa batas at lumabag sa mga etikal na ugnayan—medyo mas mataas ito kaysa sa dalawang pamantayang ito. Kapag nakikisalamuha ang mga tao sa gayong tao, nararamdaman nilang medyo matuwid ang taong iyon at hindi nila kailangang maging mapagbantay laban dito kapag magkasama sila, dahil hindi ipinapahamak o sinasaktan ng taong iyon ang ibang tao, at panatag ang isipan ng mga tao sa tuwing nakikisalamuha sila sa taong iyon—ang pagkakaroon ng mga katangiang ito ay nagpapahiwatig na medyo mabuti ang isang tao. Gayumpaman, kumpara sa mga taong nakakaunawa sa katotohanan at

kayang magsagawa at magpasakop sa katotohanan, walang anumang marangal sa gayong pagkatao. Sa madaling salita, gaano man kabuti ang pagkatao ng isang tao, hindi nito mapapalitan ang pagkaunawa sa katotohanan o ang pagsasagawa sa katotohanan, at tiyak na hindi nito mapapalitan ang pagbabago sa disposisyon.

Tumutukoy ang karakter sa konsensiya, moralidad, at integridad ng mga tao. Para masukat ang karakter ng isang tao, kinakailangang suriin ang konsensiya, moralidad, at integridad niya. Pero ano ang tinutukoy ng disposisyon, at paano ito sinusukat? Sinusukat ito gamit ang katotohanan, gamit ang mga salita ng Diyos. Ipagpalagay nang napakabuti ng karakter ng isang tao sa lahat ng aspekto, naniniwala ang lahat na mabuti siyang tao, at masasabi na perpekto at kompleto siya sa mga mata ng tiwaling sangkatauhan, tila walang kapintasan o depekto; pero kapag sinusukat batay sa katotohanan, ang maliit na bahagi ng diumano'y kabutihan niya ay halos hindi na karapat-dapat pang banggitin. Sa pagsusuri ng disposisyon niya, puwedeng makita ang pagiging mayabang, mapagmatigas, mapanlinlang, buktot, maging ang pagiging tutol sa katotohanan, at lalo na ang pagpapamalas ng malupit na disposisyon. Hindi ba't katunayan ito? (Oo.) Paano sinusukat ang disposisyong diwa ng isang tao? Sinusukat ito gamit ang katotohanan, sa pamamagitan ng pagsusuri sa saloobin ng isang tao ukol sa katotohanan at sa Diyos. Sa ganitong paraan, ganap at lubusang nabubunyag ang tiwaling disposisyon ng isang tao. Bagaman maaaring nakikita ng mga tao na mayroon siyang konsensiya, integridad, at mataas na pamantayan sa moralidad, at pinupuri siya bilang isang banal o perpektong tao sa gitna ng mga tao, pero kapag nahaharap sa katotohanan at sa Diyos, nalalantad ang tiwaling disposisyon niya, wala siyang anumang merito, at nakikita na pareho sa buong sangkatauhan ang mga tiwaling disposisyon niya. Kapag ang Diyos ay nagpapahayag ng katotohanan, nagpapakita sa mga tao, at gumagawa, ipinapamalas nila ang bawat tiwaling disposisyon ng pagiging mapagmatigas, mayabang, mapanlinlang, tutol sa katotohanan, buktot, at malupit na katulad sa ibang tao. Hindi ba't perpekto ang mga gayong tao? Hindi ba't mga banal sila? Hindi ba't mabubuti silang tao? Mabuti lang sila sa mata ng ibang tao; dahil walang katotohanan ang mga tao at taglay nila ang mga parehong tiwaling disposisyon, ang pamantayang gamit nila sa pagsukat sa isa't isa ay batay lang sa konsensiya, integridad, at moralidad, hindi batay sa katotohanan. Ano ang hitsura ng karakter ng isang tao kapag hindi ito sinusukat gamit ang katotohanan? Tunay ba siyang mabuting tao? Malinaw na hindi, dahil ang isang taong sinuri at hinusgahan ng ibang tao bilang mabuti ay may mga tiwaling disposisyon. Kaya, paano nabubuo at nalalantad ang mga tiwaling disposisyon ng mga tao? Kapag ang Diyos ay hindi nagpapahayag ng katotohanan o hindi nagpapakita sa sangkatauhan, tila hindi umiiral ang mga tiwaling disposisyon ng mga tao. Gayumpaman, kapag ang Diyos ay nagpapahayag ng katotohanan at nagpapakita sa mga tao, ganap na nalalantad ang mga tiwaling disposisyon ng mga diumano'y banal o perpektong tao sa mga mata ng ibang tao. Sa perspektibang ito, ang mga tiwaling disposisyon ng mga tao ay kaakibat ng karakter nila. Hindi ito nangangahulugan na may

tiwaling disposisyon lang ang mga tao kapag nagpapakita ang Diyos; sa halip, kapag ipinapahayag ng Diyos ang katotohanan at nagpapakita at gumagawa Siya sa piling ng sangkatauhan, nalalantad ang tiwaling disposisyon at kapangitan nila. Sa puntong ito, napagtatanto at natutuklasan ng mga tao na sa likod ng isang mabuting karakter ay mayroon ding tiwaling disposisyon. Ang mabubuting tao, mga perpektong tao, o mga banal sa mata ng iba ay nagtataglay ng tiwaling disposisyon tulad ng ibang tao, at hindi mas kaunti ang tiwaling disposisyon nila kaysa sa sinumang ibang tao—ang mga tiwaling disposisyon ng mga taong ito ay mas nakatago pa nga kaysa sa ibang tao at mas may kakayahang manlihis. Kaya, ano nga ba ang isang tiwaling disposisyon, at ano ang disposisyong diwa? Ang tiwaling disposisyon ng isang tao ang diwa ng taong iyon; ang karakter ng isang tao ay kumakatawan lang sa ilang paimbabaw na tuntunin ng sariling asal, at hindi ito sumasalamín sa pagkataong diwa ng isang tao. Kapag pinag-uusapan natin ang pagkataong diwa ng isang tao, tinutukoy natin ang disposisyon niya. Kapag pinag-uusapan natin ang karakter ng isang tao, tinutukoy natin ang mga maliwanag na aspekto tulad ng kung siya ba ay may mabuting layunin, may mabuting puso, kung kumusta ang integridad niya, at kung mayroon siyang mga pamantayan sa moralidad. Nauunawaan na ba ninyo ngayon kung ano ang ibig sabihin ng karakter at kung ano ang ibig sabihin ng disposisyong diwa? Maaarok lang nang lubos ang usaping ito sa puso ng isang tao; hindi ito puwedeng tukuyin gamit ang isang salita o parirala. Isa itong napakakomplikadong usapin. Kung ito ay tinukoy o ipinaliwanag nang masyadong makitid, maaaring magmukha itong nakaayon sa pamantayan pero ang totoo ay hindi ito malinaw. Hindi Ko ito bibigyan ng depinisyon, ipinaliwanag Ko ito sa ganitong paraan, at kung naaarok ninyo ito nang lubos sa puso ninyo, mauunawaan ninyo ito.

Mayroong anim na tiwaling disposisyon ng tao sa kabuuan: Pagiging mapagmatigas, mayabang, mapanlinlang, tutol sa katotohanan, malupit, at buktot. Sa anim na ito, alin ang medyo malubha, at alin ang mas ordinaryo o pangkaraniwan, mas banayad sa usapin ng antas, at hindi gaanong matindi sa usapin ng mga sitwasyon? (Mas banayad nang kaunti ang pagiging mapagmatigas, mayabang, at mapanlinlang.) Tama iyan. Mukhang may kaunting kaalaman at pagkaunawa kayo sa iba't ibang pagpapamalas ng mga tiwaling disposisyon ng tao. Bagaman kabilang din ang tatlong ito sa mga tiwaling disposisyon na taglay ng sangkatauhang ginawang tiwali ni Satanas, at sa usapin ng diwa, ang mga ito ay kinasusuklanan din ng Diyos, hindi umaayon sa katotohanan, at mapanlaban sa Diyos, medyo banayad at mababaw ang mga ito sa usapin ng antas, ibig sabihin, medyo mas pangkaraniwan ang mga ito; ang mga ito ay taglay, sa iba't ibang antas, ng bawat miyembro ng tiwaling sangkatauhan. Bukod sa tatlong ito, ang pagiging tutol sa katotohanan, malupit, at buktot ay lubhang mas malala sa usapin ng antas. Kung sinasabing mga ordinaryong tiwaling disposisyon ang unang tatlo, ang huling tatlo ay mga extraordinaryong tiwaling disposisyon, na mas malubha sa usapin ng antas. Ano ang ibig sabihin ng pagiging mas malubha ng mga ito? Ibig sabihin, ang tatlong ito ay mas malubha sa usapin ng mga sitwasyon, diwa, at sa antas ng paglaban,

paghihimagsik, at pagsalungat ng mga tao sa Diyos. Ang tatlong ito ay mas malubhang disposisyon na ipinapamalas ng mga tao sa pamamagitan ng direktang pagtatanggi sa katotohanan, pagtatatwa sa Diyos, pagpoprotesta laban sa Diyos, pag-atake sa Diyos, pagsubok sa Diyos, panghuhusga sa Diyos, at iba pa. Paano naiiba ang tatlong tiwaling disposisyong ito ng tao sa naunang tatlo? Mas pangkaraniwan ang unang tatlo, ang mga ito ay mga katangian ng mga tiwaling disposisyon na taglay ng lahat ng tiwaling tao, ibig sabihin, ang bawat indibidwal, anuman ang edad, kasarian, lugar ng kapanganakan, lahi, o etnisidad, ay taglay ang tatlong disposisyong ito. Ang huling tatlo ay naroroon sa iba't ibang antas at sa mas mataas o mas mababang antas sa bawat tao, depende sa diwa nila, pero sa tiwaling sangkatauhan, ang mga anticristo lang ang nagtataglay ng tatlong disposisyong ito—kabuktutan, pagtutol sa katotohanan, at kalupitan—sa pinakamalubhang antas. Bukod sa mga anticristo, ibinubunyag lang ng mga ordinaryong tiwaling tao ang mga disposisyon ng kabuktutan, pagtutol sa katotohanan, at kalupitan sa isang partikular na antas, o sa partikular na kapaligiran o mga natatanging konteksto. Kahit na taglay nila ang mga disposisyong ito, hindi sila mga anticristo. Hindi buktot o malupit ang diwa nila, at tiyak na hindi ito tutol sa katotohanan. May kinalaman ito sa karakter nila. Ang mga taong ito ay medyo may mabuting puso, may integridad sila, sila ay matuwid, may pagpapahalaga sa dangal, at iba pa—medyo mabuti ang karakter nila. Samakatwid, ibinubunyag lang nila ang huling tatlong malubhang tiwaling disposisyon paminsan-minsan, o sa partikular na mga kapaligiran at konteksto lang. Gayumpaman, hindi nangingibabaw ang mga disposisyong ito sa diwa nila. Halimbawa, kapag ang mga indibidwal na may mga ordinaryong tiwaling disposisyon ay kumikilos nang pabasta-basta sa paggampan ng mga tungkulin nila at humaharap sa pagdidisiplina ng Diyos, maaaring tumanggi silang sumuko rito, iniisip nila, “Pabasta-basta rin naman ang iba; bakit hindi sila dinidisciplina? Bakit ako ang nakakatanggap ng ganitong uri ng pagdidisiplina at pagtutuwid?” Anong uri ng disposisyon ang pagtangging ito na sumuko? Maliwanag na isa itong malupit na disposisyon. Nagrereklamo sila tungkol sa pagiging hindi patas at may pagkiling na pagtrato ng Diyos, na may bahagyang katangian ng pagsalungat at maingay na pagpoprotesta laban sa Diyos—isa itong malupit na disposisyon. Nabubunyag ang malupit na disposisyon ng mga gayong tao sa mga sitwasyong ito, pero ang pagkakaiba ay may mabuting puso ang mga taong ito, may kamalayan ng konsensiya, integridad, at medyo pagkamatuwid. Kapag nagrereklamo sila laban sa Diyos at nagbubunyag ng malupit na disposisyon, gumagana ang konsensiya nila. Kapag gumana ang konsensiya nila, nakikipagtunggali ito sa kanilang malupit na disposisyon, at nagsisimulang mabuo ang ilang ideya sa isipan nila: “Hindi ako dapat mag-isip nang ganito. Pinagpala ako nang labis ng Diyos, at ipinakita Niya sa akin ang biyaya. Hindi ba’t kawalan ng konsensiya ang mag-isip nang ganito? Hindi ba’t paglaban ito sa Diyos at pagdurog sa puso Niya?” Hindi ba’t paggana ito ng konsensiya nila? Sa puntong ito, gumagana ang mabuting karakter nila. Sa sandaling nagsisimula nang gumana ang konsensiya nila, naglalaho ang galit, mga reklamo, at pagtanggi nilang sumuko, at unti-unting naisasantabi at nawawala ang

mga ito. Hindi ba't epekto ito ng konsensiya nila? (Oo.) Kaya, nagbubunyag ba sila ng malupit na disposisyon? (Oo.) Nagbubunyag sila ng malupit na disposisyon, pero dahil may konsensiya at pagkatao ang mga gayong indibidwal, kayang pigilin ng konsensiya nila ang malupit nilang disposisyon, at gawin silang makatwiran. Kapag nagiging makatwiran at kalmado sila, magninilay-nilay sila at mapagtatanto nila na sila rin ay may kakayahang lumaban sa Diyos. Sa panahong ito, magkakaroon sila ng pakiramdam ng pagkakautang at pagsisisi nang hindi nila namamalayan: "Masyado akong mapusok ngayon-ngayon lang, lumalaban at naghihimagsik laban sa Diyos. Hindi ba't pagmamahal ng Diyos ang pagdidisiplina Niya sa akin? Hindi ba't ito ang pabor Niya? Bakit ako kumilos nang napakawalang-katwiran? Hindi ba't ginalit ko ang Diyos? Hindi ko puwedeng ipagpatuloy ito; kailangan kong manalangin sa Diyos, magsisi, bitiwang ang masamang ginagawa ko, at tapusin ang paghihimagsik ko. Dahil inaamin kong kumikilos ako nang pabasta-basta, kailangan kong itigil ang pagiging pabasta-basta, gawin ang mga bagay nang seryoso, at hanapin kung paano ko maihahandog ang pagkamatapat ko sa pamamagitan ng mga kilos ko, pati na rin kung ano ang mga prinsipyo ng paggawa ng tungkulin ko." Hindi ba't epekto ito ng mabuting karakter nila? Walang duda, may malupit ding disposisyon ang mga taong ito, pero dahil sa epekto ng konsensiya nila at sa pagtitimbang ng mga bagay gamit ang pagkamakatwiran nila, ang kanilang mabuti, mapagmahal-sa-katotohanang karakter ang namamayani sa huli. Ang mga indibidwal na ito ay may kalupitan sa mga tiwaling disposisyon nila, kaya masasabi ba kung gayon na may malupit silang diwa? Masasabi ba na malupit ang diwa nila? Hindi. Sa obhetibong pananalita, bagaman ang tiwaling disposisyong ibinubunyag nila ay may kasamang kalupitan, dahil sila ay may konsensiya, pagkamakatwiran at relatibong pagmamahal sa katotohanan, ang kalupitan nila ay isang uri lang ng tiwaling disposisyon, at hindi ang diwa nila. Bakit hindi ito ang diwa nila? Dahil puwedeng magbago ang tiwaling disposisyon nilang ito. Bagaman ibinubunyag nila ang ganitong uri ng tiwaling disposisyon, at kaya nilang lumaban at maghihimagsik laban sa Diyos, ito man ay sa loob ng mahaba o maikling panahon, ang epekto ng kanilang konsensiya, integridad, katwiran, at iba pa sa karakter nila ay pumipigil sa malupit nilang disposisyon na mangibabaw sa ugali at saloobin nila ukol sa katotohanan. Ano ang panghuling resulta? Nagagawa nilang ikumpisal ang mga kasalanan nila, magsisi, kumilos nang naaayon sa mga katotohanang prinsipyo, magpasakop sa katotohanan, at tanggapin ang pamamatnugot ng Diyos, nang pawang walang reklamo. Sa kabila ng pagbubunyag ng malupit na disposisyon, ang huling kinalalabasan ay hindi sila naghihimagsik laban sa Diyos o sumasalungat sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos—nagpapasakop sila. Isa itong pagpapamalas ng isang ordinaryong tiwaling tao. May mga tiwaling disposisyon lang ang mga gayong tao; wala sila ng disposisyong diwa ng mga anticristo. Tumpak ito.

Halimbawa na lang ang mga buktot na disposisyon: Ano ang pinakabuktot na disposisyon na ibinubunyag ng mga tao sa harap ng Diyos? Ito ay ang pagtukso sa Diyos. Nag-aalala ang ilang tao na baka hindi maganda ang magiging hantungan nila,

at baka hindi garantisado ang kalalabasan nila dahil naligaw sila ng landas, gumawa ng kaunting kasamaan, at nakagawa ng maraming pagsalangsang matapos manampalataya sa Diyos. Nag-aalala sila na mapupunta sila sa impiyerno, at palagi silang natatakot sa kalalabasan at hantungan nila. Palagi silang balisa, at palagi nilang iniisip, “Magiging maganda o masama kaya ang kalalabasan at hantungan ko sa hinaharap? Mapupunta ba ako sa impiyerno o sa langit? Isa ba ako sa mga tao ng diyos o isang tagapagserbisyo? Mamamatay ba ako o maliligtas? Kailangan kong matagpuan kung alin sa mga salita ng diyos ang nagtatalakay tungkol dito.” Nakikita nila na pawang katotohanan ang mga salita ng Diyos, at na inilalantad ng lahat ng ito ang mga tiwaling disposisyon ng mga tao, at hindi nila natatagpuan ang mga sagot na hinahanap nila, kaya patuloy silang nag-iisip kung saan pa puwedeng magtanong. Kalaunan, kapag nakakita sila ng pagkakataon para maiangat at mailagay sila sa isang mahalagang papel, gusto nilang pakiramdaman ang ang Itaas, iniisip nila: “Ano kaya ang opinyon ng ang itaas tungkol sa akin? Kung paborable ang opinyon nila, pinatutunayan nito na hindi na tinandaan ng diyos ang mga kasamaang nagawa ko noon at ang mga pagsalangsang na nagawa ko. Pinatutunayan nito na ililigtas pa rin ako ng diyos, na may pag-asa pa rin ako.” Pagkatapos, ayon sa mga ideya nila, direkta nilang sinasabi, “Sa lugar namin, hindi gaanong bihasa ang karamihan ng kapatid sa mga propesyon nila, at saglit na panahon pa lang silang nananampalataya sa diyos. Ako ang pinakamatagal nang nananampalataya sa diyos. Bumagsak at nabigo ako, nagkaroon ako ng ilang karanasan at natuto ako ng ilang aral. Kung mabibigyan ng pagkakataon, handa akong magdala ng mabigat na pasanin at magpakita ng pagsasaalang-alang sa mga layunin ng diyos.” Ginagamit nila ang mga salitang ito bilang tukso para makita kung may layunin ang ang Itaas na iangat sila, o kung inabandona na sila ng ang Itaas. Sa realidad, hindi talaga nila gustong akuin ang responsabilidad o pasanin ng ito; ang layon nila sa pagsasabi ng mga salitang ito ay para lang subukin ang kapaligiran, at tingnan kung may pag-asa pa silang maligtas. Isa itong tukso. Ano ang disposisyon sa likod ng pamamaraang ito ng pagtukso? Isa itong buktot na disposisyon. Gaano man katagal nabubunyag ang pamamaraang ito, paano man nila ito ginagawa, o kung gaano man ito ipinatutupad, ano’t anuman, tiyak na buktot ang disposisyong ibinubunyag nila, dahil marami silang iniisip, pag-aalinlangan, at pag-aalala sa buong panahon ng paggawa nito. Kapag ibinubunyag nila ang buktot na disposisyong ito, ano ang ginagawa nila na nagpapakita na sila ay mga taong may pagkatao at mga taong kayang isagawa ang katotohanan, at nagpapatunay na mayroon lang silang tiwaling disposisyon at hindi ng isang buktot na diwa? Pagkatapos gawin at sabihin ang mga gayong bagay, nakararamdam ng pagkaasiwa at kirot sa puso nila ang mga may konsensiya, katwiran, integridad, at dignidad. Nababagabag sila, iniisip nila, “Napakatagal ko nang nananampalataya sa Diyos; paano ko nagagawang tuksuhin ang Diyos? Paanong iniisip-isip ko pa rin ang sarili kong hantungan, at paanong nagagawa kong gamitin ang gayong pamamaraan para may makuha ako mula sa Diyos at himukin Siyang magbigay ng malinaw na sagot sa akin? Masyado itong ubod ng sama!” Hindi sila mapalagay sa puso

nila, pero ang gawa ay nagawa na, at nasabi na ang mga salita—hindi na mababawi pa ang mga ito. Pagkatapos ay nauunawaan na nila, “Bagaman mayroon akong kaunting mabuting hangarin at pagpapahalaga sa katarungan, kaya ko pa ring gumawa ng gayong mga bagay na ubod ng sama; ito ang mga pakikitungo ng isang taong ubod ng sama! Hindi ba’t isa itong pagtatangka na tuksuhin ang Diyos? Hindi ba’t pamumuwersa ito sa Diyos? Talagang ubod ito ng sama at walang kahihyan!” Sa gayong sitwasyon, ano ang makatwirang hakbang na dapat gawin? Ang humarap ba sa Diyos sa panalangin, ikumpisal ang sariling mga kasalanan, o ang mapagmatigas na pagkapit sa sariling mga pamamaraan? (Manalangin at magkumpisal.) Kaya, sa buong proseso, mula sa sandaling naisipan nila ang ideya hanggang sa pagkilos nila, at hanggang sa panalangin at pangungumpisal nila, aling yugto ang normal na pagbubunyag ng tiwaling disposisyon, sa aling yugto umepekto ang konsensiya nila, at sa aling yugto naisasagawa ang katotohanan? Napapamahalaan ng isang buktot na disposisyon ang yugto mula sa pagbuo ng ideya hanggang sa pagkilos. Kaya, hindi ba’t napapamahalaan ng epekto ng konsensiya nila ang yugto ng pagsusuri sa sarili? Nagsisimula silang suriin ang sarili nila, nararamdaman na mali ang ginawa nila—napapamahalaan ito ng epekto ng konsensiya nila. Sumunod dito ay ang panalangin at pangungumpisal, na napapamahalaan din ng epekto ng integridad, konsensiya, at katangian nila; nagagawa nilang makaramdam ng pagsisisi, pagtalikod sa kasalanan, at nakakaramdam sila ng pagkakautang sa Diyos, at nagagawa rin nilang pagnilayan at unawain ang sarili nilang pagkatao at tiwaling disposisyon, at umaabot sa puntong kaya na nilang isagawa ang katotohanan. Hindi ba’t may tatlong yugto ito? Mula sa pagbubunyag ng tiwaling disposisyon hanggang sa epekto ng konsensiya nila, at pagkatapos ay sa kakayahang bitiwang ang kasamaang ginagawa nila, tumalikod sa kasalanan, bitiwang ang mga pagnanais at kaisipan ng sarili nilang laman, maghimagsik laban sa tiwaling disposisyon nila, at isagawa ang katotohanan—ang tatlong yugtong ito ang dapat na marating ng mga karaniwang tao na may pagkatao at mga tiwaling disposisyon. Dahil sa kamalayan ng konsensiya nila, at sa medyo mabuti nilang pagkatao, kayang isagawa ng mga taong ito ang katotohanan. Ipinahihiwatig ng kakayahang isagawa ang katotohanan na may pag-asang maligtas ang mga ganitong tao. Sa madaling salita, medyo mataas ang posibilidad na maligtas ang mga taong may mabuting pagkatao.

Ano ang ipinagkaiba ng mga anticristo sa mga may disposisyon ng isang anticristo? Sa unang yugto, karaniwang parehong-pareho sa panlabas ang ibinubunyag ng mga anticristo sa mga ibinubunyag ng sinumang tiwaling tao, pero magkaiba ang susunod na dalawang yugto. Halimbawa, kapag nagbubunyag ng malupit na tiwaling disposisyon ang isang tao habang pinupungusan siya, sa susunod na hakbang ay kailangang umepekto ang konsensiya niya. Gayumpaman, walang konsensiya ang mga anticristo, kaya ano ang iisipin nila? Anong mga pagpapamalas ang tataglayin nila? Magrereklamo sila na hindi patas ang Diyos, pinaparatangan nila ang Diyos na naghahanap ng maipipintas sa kanila at na lumilikha Siya ng mga suliranin at problema para sa kanila sa bawat pagkakataon. Pagkatapos nito, matigas silang hindi magsisisi, tumatangging

tanggapin kahit ang mga pinakahalata nilang pagkakamali o mga tiwaling disposisyon, hindi nila kailanman kinikilala ang sarili nilang mga pagkakamali, at pinalulubha pa nga nila ang mga bagay at sinusubukan ang lahat ng paraan para ipagpatuloy nang palihim ang mga ikinikilos nila. Batay sa mga tiwaling disposisyon na ibinubunyag ng mga anticristo, ano ang karakter nila? Wala silang konsensiya, hindi nila alam kung paano suriin ang sarili nila, at nagbubunyag sila ng kalupitan, masamang hangarin, pang-aatake, at paghihiganti. Nagsisinungaling sila para ikubli ang mga katunayan, inililipat ang responsabilidad sa iba; nag-iimbento sila ng mga pakana para siluin ang iba, itinatago sa mga kapatid ang mga katunayan; at masidhi nilang ipinagtatanggol at pinangangatwiran ang sarili nila, ipinapakalat ang mga argumento nila kahit saan. Ito ang pagpapatuloy ng malupit nilang disposisyon. Bukod sa wala silang kamalayan ng konsensiya, at nabibigo silang suriin, pagnilayan, at unawain ang sarili nila, pinalulubha rin nila ang mga bagay-bagay at ipinagpapatuloy ang pagbubunyag ng malupit nilang disposisyon, nagpoprotesta laban sa sambahayan ng Diyos, nagpoprotesta at lumalaban sa mga kapatid, at ang mas masahol pa, sumasalungat sila sa Diyos. Pagkatapos ng ilang panahon kapag humupa na ang sitwasyon, magsisisi at aamin ba sila sa mga kasalanan nila? Bagaman tapos na ang insidente, nabunyag na ang mga katunayan, alam na alam ng karamihan na sa kanila ang pananagutan, at dapat sila ang managot—magagawa ba nilang kilalanin ito? Makakaramdam ba sila ng pagsisisi o pagkakautang? (Hindi.) Ipinipilit ang kanilang pagsalungat, iniisip nila, “Ano’t anuman, hindi ako nagkamali kahit kailan, pero kahit na nagkamali ako, maganda ang mga layunin ko; kahit na nagkamali ako, hindi puwedeng ako lang ang sisihin. Bakit hindi ninyo sisihin ang iba—bakit ako ang pinupuntirya ninyo? Saan ako nagkamali? Hindi ko naman sinadyang magkamali. Nagkamali na rin kayong lahat kaya bakit hindi ninyo pinapanagot ang sarili ninyo? Bukod pa rito, sino ang makakaraos sa buhay nang hindi nagkakamali?” Nagsisisi ba sila? Nakararamdam ba sila ng pagkakautang? Hindi sila nakararamdam ng pagkakautang at hindi sila nagsisisi. Sinasabi pa ng ilan, “Nagbayad ako ng napakalaking halaga—bakit walang sinuman sa inyo ang nakapansin? Bakit walang pumuri sa akin? Bakit hindi ako binigyan ng gantimpala? Kapag may nangyayari, palagi ninyo akong sinisisi at hinahanapan ng mali. Hindi ba’t naghahanap lang kayo ng sandata na magagamit laban sa akin?” Ito ang mentalidad at kalagayan nila. Malinaw na isa itong malupit na disposisyon—matigas silang hindi nagsisisi, tumatanggi silang kilalanin ang mga katunayan kapag inilatag na sa harap nila ang mga ito, at nagpipilit silang sumalungat. Bagaman hindi nila isinusumpa nang malakas ang sinuman, maaaring nagawa na nila ito sa loob-loob nila sa di-mabilang na pagkakataon—isinusumpa ang mga lider dahil sa pagiging bulag ng mga ito, isinusumpa ang mga kapatid dahil sa pagiging hindi mabubuting tao ng mga ito, at dahil sa pagsisipsip sa kanila noong may katayuan sila, pero hindi sila pinapansin, o hindi nakikipagbahaginan sa kanila, o hindi man lang sila nginingitian ngayon na nawala na ang katayuan nila. Isinusumpa pa nila ang Diyos sa puso nila, at hinuhusgahan nila ang Diyos, sinasabing hindi Siya matuwid. Mula simula hanggang wakas, malupit ang

disposisyong ibinubunyag nila, walang kahit kaunting epekto ng konsensiya, at walang anumang pahiwatig ng pagsisisi o kagustuhang magbago. Siguradong wala silang layunin na bumalik, hanapin ang mga katotohanang prinsipyo, humarap sa Diyos para magkumpisal ng mga kasalanan at magsisi, o magpasakop sa mga pamamatnugot at pagsasaayos ng Diyos. Sa halip, nagpupumilit silang nakikipagtalo, sumasalungat, at nagrereklamo. Nagbubunyag ng parehong mga tiwaling disposisyon kapwa ang mga anticristo at iyong mga may kakayahang tumalikod sa kasalanan, pero hindi ba't may pagkakaiba sa kalikasan ng mga pagbubunyag na ito? Alin sa mga grupong ito ang nagtataglay ng disposisyon ng isang anticristo, at alin ang nagtataglay ng diwa ng isang anticristo? (Nagtataglay ng diwa ng isang anticristo ang mga hindi nagsisisi.) Sino ang mga may kakayahang magsisi? Sila ay mga tiwaling tao na may disposisyon ng anticristo, pero hindi sila mga anticristo. Iyong mga may diwa ng isang anticristo ang mga anticristo, habang mga ordinaryong tiwaling tao ang mga may disposisyon ng isang anticristo. Sa dalawang iyon, aling grupo ang binubuo ng masasamang tao? (Iyong mga may diwa ng isang anticristo.) Kaya ninyong makilatis ito, tama ba? Depende ito sa kung aling grupo ang walang bakas na inuusig sila ng konsensiya nila, ang nagpipilit na nakikipagtalo nang hindi nagbabago o nagninilay-nilay, at walang habas na nanghuhusga at ipinapakalat ang mga argumento nila kapag nakakagawa sila ng mali at nahaharap sa mga sitwasyon tulad ng pagpupungos, pagtatanggal o pagdidisiplina, at iba pa. Kung walang pipigil sa kanila, titigil ba sila sa ginagawa nila? Hindi. Mapupuno ng pagkanegatibo at pagsalungat ang puso nila, at sasabihin nila, "Dahil hindi naman ako tinatrato nang patas ng mga tao, at hindi ako binibigyan ng diyos ng biyaya o hindi niya ako ipinagtatanggol, iraraos ko na lang ang paggawa ng tungkulin ko sa hinaharap. Kahit gawin ko nang maayos ang tungkulin ko, hindi ako makakatanggap ng mga gantimpala, walang pupuri sa akin, at pupungusan pa rin ako, kaya gagawin ko na lang ito nang pabasta-basta. Huwag kayong magtangkang hilingin sa akin na pangasiwaan ang mga bagay nang ayon sa mga prinsipyo, o na makipagtalakayan at makipagtulungan sa iba sa gawain ko, o na hanapin ang katotohanan! Mananatili akong walang pakialam, hindi mayabang ni mapagpakumbaba. Kung hihilingin ninyo sa akin na gawin ang isang bagay, gagawin ko ito; kung hindi ninyo hihilingin sa akin na gumawa ng isang bagay, aalis na lang ako. Gawin ninyo ang anumang gusto ninyo; magiging ganito lang ako. Huwag ninyo akong hingan ng labis; kung mataas ang mga hinihingi ninyo, babalewalain ko ang mga ito." Hindi ba't pagpapatuloy ito ng isang malupit na disposisyon? Magagawa ba ng mga gayong tao na tumalikod sa kasalanan? (Hindi nila kaya.) Isa itong pagpapamalas ng mga taong may diwa ng isang anticristo. Ganito rin kapag nagbubunyag ang isang anticristo ng buktot na disposisyon, hindi rin sila nagninilay-nilay kahit kailan dahil wala silang konsensiya. Anuman ang tiwaling disposisyong ibinubunyag nila o anuman ang mga hangarin, pagnanais, at ambisyon na mayroon sila kapag may nangyayari sa kanila, hindi sila pinipigilan ng konsensiya nila kahit kailan. Kaya, kapag tama ang tiyempo at pabor ito sa kanila, ginagawa nila ang gusto nila. Anuman ang

kinalalabasan ng mga kilos nila, tuluy-tuloy lang sila, at patuloy pa rin silang kumakapit sa mga pananaw nila at pinanghahawakan nila ang mga ambisyon, pagnanais, at hangarin nila, pati na rin ang mga diskarte at pamamaraan ng palaging paggawa nila sa mga bagay-bagay, nang walang anumang panunumbat sa sarili. Bakit hindi sila nakararamdam ng panunumbat sa sarili? Dahil ang mga gayong tao ay walang konsensiya, wala silang pagpapahalaga sa dangal, at wala silang kahihiyan; sa kaibuturan ng buong pagkatao nila, walang makapipigil sa mga tiwaling disposisyon nila, at wala silang magagamit para suriin kung tama o mali ba ang mga tiwaling disposisyong ibinubunyag nila. Kaya, kapag nagbubunyag ng buktot na disposisyon ang mga taong ito, anuman ang pananaw rito ng iba o anuman ang proseso at kalalabasan, mula simula hanggang wakas, hindi sila nakararamdam ng panunumbat sa sarili, ng kalungkutan, ng pagsisisi, ng pagkakautang, at sa puso nila, tiyak na hindi sila nagbabago. Mga anticristo ang mga ito. Batay sa dalawang halimbawang ito, ano ang pinakamalinaw na katangian ng mga anticristo? (Ang kawalan nila ng konsensiya at katwiran.) Anong uri ng pagpapamalas ang bunga ng kawalan ng konsensiya at katwirang ito? Ano ang resulta ng mga disposisyong ibinubunyag nila? (Hindi nila kayang magnilay o tumalikod sa kasalanan.) Makapagsasagawa ba ng katotohanan ang mga hindi kayang magnilay o magbago? Hindi kailanman!

Ang isang tao na mayroon lamang disposisyon ng isang anticristo ay hindi mailalarawan, sa diwa, bilang isang anticristo. Yaon lamang mga may kalikasang diwa ng mga anticristo ang tunay na mga anticristo. Para makatiyak, may mga pagkakaiba sa pagkatao ang dalawa, at sa ilalim ng pamamahala ng iba't ibang uri ng pagkatao, ang mga saloobing kinikimkim ng mga tao patungkol sa katotohanan ay hindi rin magkakapareho—at kapag hindi magkakapareho ang mga saloobing kinikimkim ng mga tao patungkol sa katotohanan, magkaiba ang mga landas na pinipili nilang tahakin; at kapag magkaiba ang mga landas na pinipiling tahakin ng mga tao, ang ibinubungang mga prinsipyo at kahirinatnan ng kanilang mga kilos ay mayroon ding mga pagkakaiba. Dahil ang isang taong may disposisyon lang ng isang anticristo ay may konsensiya na gumagana, at may katwiran, at may pagpapahalaga sa dangal, at sa relatibong pananalita, ay nagmamahal sa katotohanan, kapag naibubunyag niya ang kanyang tiwaling disposisyon, sinusumbatan niya ang kanyang sarili hinggil dito. Sa gayong mga pagkakataon, maaari niyang pagnilayan ang kanyang sarili at kilalanin ang kanyang sarili, at maaari niyang aminin ang kanyang tiwaling disposisyon at ang pagbubunyag ng kanyang katiwalian, sa gayon ay nagagawa niyang maghimagsik laban sa laman at sa kanyang tiwaling disposisyon, at natututo siyang isagawa ang katotohanan at magpasakop sa Diyos. Gayunman, sa isang anticristo, hindi ganito ang nangyayari. Dahil wala siyang gumaganang konsensiya o kamalayan ng konsensiya, at lalong wala siyang pagpapahalaga sa dangal, kapag nagbubunyag siya ng kanyang tiwaling disposisyon, hindi niya sinusukat ayon sa mga salita ng Diyos kung tama ba o mali ang kanyang pagbubunyag, o kung ito ba ay isang tiwaling disposisyon o normal na pagkatao, o kung naaayon ba ito sa katotohanan. Hindi niya pinagninilayan ang mga bagay na ito kailanman. Kaya, paano siya kumikilos?

Palagi niyang iginigiit na ang tiwaling disposisyong naibubunyag niya at ang landas na pinili niya ay ang tama. Iniisip niya na anumang gawin niya ay tama, na anumang sabihin niya ay tama; determinado siyang panghawakan ang sarili niyang mga pananaw. Kaya, gaano man kalaki ang kamaliang ginagawa niya, gaano man kalubha ang tiwaling disposisyon na naibunyag niya, hindi niya kikilalanin ang bigat ng bagay na iyon, at tiyak na hindi niya nauunawaan ang tiwaling disposisyong naibunyag niya. Siyempre pa, hindi rin niya isasantabi ang kanyang mga hangarin, o hindi siya maghihimagsik laban sa kanyang ambisyon o sa kanyang tiwaling disposisyon para piliin ang landas ng pagpapasakop sa Diyos at sa katotohanan. Makikita mula sa dalawang magkaibang kalalabasang ito na kung ang isang taong may disposisyon ng isang anticristo ay nagmamahal sa katotohanan sa puso niya, may pagkakataon siyang maunawaan ito at isagawa ito, at magtamo ng kaligtasan, samantalang ang taong may diwa ng isang anticristo ay hindi mauunawaan ang katotohanan o maisasagawa ito, ni hindi siya magtatamo ng kaligtasan. Iyan ang pagkakaiba ng dalawa.

III. Ang Disposisyong Diwa ng mga Anticristo

Ang pangunahin pa ring pokus ng pagbabahaginan natin ngayon ay para ibuod kung ano nga ba talaga ang disposisyong diwa ng mga anticristo. Sa anim na tiwaling disposisyon ng mga tao na kakatalakay lang natin, aling tatlo ang mas akmang ginagamit para ilarawan ang mga taong may disposisyong diwa ng mga anticristo? (Pagiging tutol sa katotohanan, kalupitan, at kabuktutan.) Dahil pinaliit na natin ang saklaw sa tatlong ito, hindi magiging bahagi ng pagbabahaginan na ito ang naunang tatlo. Kung gayon, wala bang mga tiwaling disposisyon ng pagiging matigas ng kalooban, kayabangan, at panlilinlang ang mga taong may disposisyong diwa ng mga anticristo? (Mayroon.) Kung gayon, bakit hindi gamitin ang naunang tatlo para ilarawan ang disposisyong diwa ng mga anticristo? (Dahil taglay rin ng mga karaniwang tiwaling tao ang naunang tatlo, at hindi kinakatawan ng mga ito ang diwa ng isang tao.) Isa itong napakatumpak na pagbubuod. Kaugnay sa paksa ng disposisyong diwa, medyo mas magaan sa antas ang naunang tatlong tiwaling disposisyon, samantalang ang huling tatlo ang tunay na makakapagbuod ng disposisyong diwa ng mga anticristo—pagiging tutol sa katotohanan, kalupitan, at kabuktutan. Mas tumpak na mailalarawan ng tatlong tiwaling disposisyong ito ang disposisyong diwa ng mga anticristo. Bagaman hindi ginagamit ang naunang tatlo para ilarawan ang diwa ng mga anticristo, nasa isang anticristo ang bawat isa sa tatlong tiwaling disposisyong iyon, at mas malubha ang mga ito kaysa sa nasa mga karaniwang tao. Ang pagiging tutol sa katotohanan, kalupitan, at kabuktutan ay lahat puwedeng gamitin para ibuod at ilarawan ang pagiging matigas ng kalooban nila, at para ilarawan ang antas ng pagiging matigas ng kalooban nila. Gayundin, puwede ring gamitin ang huling tatlong disposisyon para ibuod at ilarawan ang kayabangan at panlilinlang nila. Maliwanag na ang mga pangunahing katangian ng disposisyong diwa ng mga anticristo ay ang pagiging tutol sa katotohanan, kalupitan, at kabuktutan.

A. Kabuktutan

Sa tatlong tiwaling disposisyong ito—pagiging tutol sa katotohanan, kalupitan, at kabuktutan—ang kabuktutan ang pinakakomprehensibong pagbubuod ng disposisyon sa disposisyong diwa ng isang anticristo, at ito ang pinakakaraniwan sa disposisyong diwa ng isang anticristo. Bakit ginagamit ang kabuktutan para ilarawan ang disposisyong diwa ng isang anticristo? Kung sinasabing talagang buktot ang mga anticristo, kung gayon, batay sa mga iniisip nila, ano ang iniisip, sinasabi, at ginagawa nila araw-araw na nagpapatunay na sila ay mga taong may buktot na diwa? Hindi ba't isa itong tanong na dapat pagnilayan? (Oo.) Kung gayon, dapat tayong magsimula ng pagsusuri at pag-oobserba mula sa iniisip nila, sa pananalita at ugali nila, at kung paano sila umasal at makitungo sa mundo, para mahusgahan kung talagang umiiral ang buktot na diwa sa mga taong ito. Tingnan muna natin kung ano ang iniisip ng mga anticristo araw-araw. Iniisip ng ilang tao sa puso nila: "Sa grupong ito ng mga tao, hindi ako ang itinuturing na pinakamagaling, ni hindi ako ang may pinakamahusay na mga kaloob, kaya paano ako magiging mas popular, paano ko makukuha ang pagpapahalaga ng lahat, paano ako magdadala ng karangalan sa mga ninuno ko, at ituturing na banal? Paano ko mahihimok ang iba at mahihikayat silang makinig at humanga sa akin? Mukhang maganda ang magkaroon ng katayuan. May ilang taong talagang may katanyagan sa pagsasalita nila, at kapag may mga isyu ang ibang tao, sa kanila pumupunta ang mga ito—bakit walang lumalapit sa akin? Bakit walang nakakapansin sa akin? May utak naman ako, mga ideya, isang sistematikong paraan sa aking mga kilos, at may kapabilidad akong humusga sa mga usapin—bakit walang pumapansin sa akin o tumitingala sa akin? Kailan ako mangingibabaw sa iba? Kailan lalapit ang lahat sa akin para humingi ng tulong at suportahan ako?" Ano ang iniisip ng mga taong ito? Mga positibo ba o mga negatibong bagay ang iniisip nila? (Mga negatibong bagay.) Kapag nakikita ng ilang tao na may magandang ugnayan sa isa't isa ang ibang tao, iniisip nila: "Bakit napakaganda ng ugnayan nila? Kailangan kong humanap ng paraan para maghasik ng sigalot at sirain ang ugnayan nila; sa ganitong paraan, hindi ako mag-iisa at magkakaroon ako ng kasama." Ano ang ginagawa ng mga taong ito? Anuman ang paraang ginagamit nila, nauuwi ang lahat ng ito sa paghahasik ng sigalot. Kapag nakakakita sila ng isang taong gumagawa sa tungkulin nito nang masigla at masigasig, at nagtatamo ito ng liwanag anuman ang ginagawa nito habang gumagampan sa tungkulin nito, naiinggit sila at pinag-iisipan nila kung paano pababagsakin ang taong ito, kung paano ito bubuhusan ng malamig na tubig at gagawing negatibo ang pakiramdam nito. Ang mga kaisipang ito, isinasagawa man o hindi, ay mga negatibong kaisipan. Mayroon ding mga nag-iisip: "Paano ako tinitingnan ng bagong halal na lider? Kailangan kong mapalapit sa lider na ito. Hindi maganda ang ugnayan namin, at hindi kami masyadong malapit sa isa't isa, kaya paano ako sisipsip sa kanya? May kaunti akong pera, kaya aalamin ko kung ano ang kailangan niya at bibilhin ko ito para sa kanya. Pero kung kailangan niya ng

kompiyuter, hindi ako handang gumastos ng ganoong halaga; kung sakaling hindi na siya magiging lider sa hinaharap, hindi ba't masasayang lang ang perang iyon? Kung tulad ng guwantes o damit ang kailangan niya, kaya ko iyong bilhin, at sulit naman ang gastos doon. Dapat gastusin ang pera sa mga tamang bagay, hindi nang maaksaya. Kailangan ko ring bolahin at pasiyahin ang lider hindi lang gamit ang mga salitang walang kabuluhan kundi gamit ang mga totoong pagkilos—kailangan kong magmatyag kung ano ang gusto ng lider na ito. Bukod dito, tutulong ako sa paghahain ng pagkain ng lider araw-araw kapag oras na ng pagkain at huhugasan ko ang mga pinagkainan niya pagkatapos niyang kumain. Kung pinupuna ng lider ang isang tao, gagaya ako at sasang-ayon sa kanya; kung pinupuri ng lider ang isang tao, agad kong irerekomenda ang taong iyon at pupurihin ang mga kabutihan niya." Ano ang iniisip ng mga taong ito? (Pagpapalugod sa lider at pagsisipsip dito.) Mayroon ding mga tao na, habang gumagawa sa sambahayan ng Diyos, nag-iisip sila: "Masigasig at seryosong gumagawa ang iba; kailangan kong maging matalino, hindi ako puwedeng maging hangal, at hindi ko puwedeng pagurin nang husto ang sarili ko. Kung hindi na ako kailangan ng sambahayan ng diyos sa hinaharap, hindi ba't masasayang lang ang pagsisikap na ito? Hindi ba't mawawalan ng saysay ang pagtatrabaho ko nang husto? Pero kung hindi man lang ako gagawa, palalayasin ako ng sambahayan ng diyos. Ano ang dapat kong gawin? Kapag nariyan ang lider, magtatrabaho ako nang husto, magpapawis, at hahayaan kong makita ito ng lider; kapag wala ang lider, pupunta ako sa banyo, iinom ng tubig, maglalakad-lakad, o maghahanap ng sulok para doon magpahinga. Kung naghuhukay ang iba ng tatlong pala ng lupa, kalahating pala ng lupa ang huhukayin ko; kung pabalik-balik ang iba nang tatlo o limang beses sa pagbubuhay ng mga bagay, gagawin ko ito nang isang beses lang. Magpapahinga at magpapakatamad ako kung kailan pupuwede. Hindi ako dapat maging masyadong seryoso; kung magkakasakit ako o mapapagod ako sa sobrang pagtatrabaho, sino ang maaawa sa akin? Sino ang mag-aalaga sa akin kapag may sakit ako? Aalagaan ba ako ng lider? Aalagaan ba ako ng diyos? Pananagutan ba ng diyos ang mga bagay na ito? Kaya, habang nagtatrabaho, kailangan kong alamin kung saan ako pinakamapapansin. Kapag gusto kong magpahinga, kailangan kong alamin kung saan ako pinakahindi mahuhuli, kung saan ako pinakahindi mapapansin." Ano ang iniisip ng mga taong ito? (Pagpapakatamad at pagiging tuso.)

1. Kung Ano ang Ginagawa ng mga Anticristo sa mga Tao

Ano ang karakter ng mga taong may mga buktot na kaisipan buong araw? May mababang integridad at lihim na mapanira ang karakter nila. Kung pagbabatayan ang disposisyon nila, ano ito? (Kabuktutan.) Mayroon bang anumang matuwid sa kalikasan ng mga bagay na ito na iniisip nila? Mayroon bang anuman na mukhang marangal, bukas, at matapat? Mayroon bang anumang mabuti? (Wala, wala talaga.) Kaya, sa pagbubuod, ang unang bagay na naipapamalas sa buktot na disposisyon ng mga taong may diwa ng isang anticristo ay na pawang kasamaan ang iniisip nila buong araw.

Nahaharap man sila sa malaki o maliit na isyu, puno ng kasamaan ang mga isipan nila. Partikular na, gumagawa sila ng ilang bagay sa mga tao, at mayroon din silang iba't ibang pagpapamalas at pagsasagawa patungkol sa Diyos. Kung gayon, ano ang mga bagay na ginagawa nila sa mga tao? Anong mga uri ng mga pagsasagawa ang binubuo nila sa kanilang isipan? Sa ilang halimbawang kababanggit lang, nakikita ba ninyo kung paanong laging nagpapakana sa iba ang ganitong uri ng tao? Wala silang tigil sa pagpapakana, at nagiging pakay ng mga balak nila ang sinumang pinakikitunguhan o nakakasalamuha nila. Pangalawa, kahit na hindi sila nagsasalita minsan kapag gumagawa ng mga bagay-bagay, hindi tunay ang mga gawi, pamamaraan, at pinagmumulan ng mga kilos nila, at hindi nila isinasagawa ang katotohanan—isa lamang itong ilusyon. Ano ang kalikasan nito, at ano ang pagsasagawang ito? Panlalansi at pagpapanggap ito, at tinutukso rin nila ang iba. Dahil kaya nilang magpanggap at mandaya ng mga tao, kaya rin ba nilang siluin at ilihis ang mga tao? (Oo, kaya nila.) Bukod pa rito, ang ganitong uri ng tao ay laging nakikipag-agawan sa iba para sa katayuan, reputasyon, dangal, at sa sarili nilang mga interes. Nakikipaglaban sila para sa kasikatan, sa kung sino ang may huling salita, kung sino ang may mas maraming ideya, kung kaninong mga opinyon ang mas matalino at makatwiran, kung sino ang mas sinuportahan ng lahat, at kung sino ang makakakuha ng mas maraming pakinabang—nakikipag-agawan sila para dito. Kahit wala silang katayuan, nagpapakana pa rin sila laban sa mga tao nang ganito, kaya paano kapag may katayuan sila? Kung magkagayon, laging pahihirapan ang mga tao sa ilalim ng dominasyon nila; aakitin at kukuhain nila ang loob ng mga taong hindi nagmamahal sa katotohanan, at inaatake at ibinubukod ang mga taong kayang tumanggap sa katotohanan, nang may intensyong obligahin na makinig at sumunod sa kanila ang lahat; palagi silang nagpapangkat-pangkat at naghahasik ng alitan sa mga grupo, at sa huli, sinasakop nila ang lahat ng tao. Nasasaklaw ng pagpapahirap nila ang lahat ng bagay na ito. Buong araw na nag-iisip ng kasamaan ang mga anticristo, at masama ang bawat disposisyon na ibinubunyag nila. Kaya, tumpak bang sabihin na buktot ang disposisyon ng mga gayong tao? (Oo.) Sa isang grupo kung saan alam ng lahat ang lugar nila, ginagawa ang sarili nilang gawain, at ginagawa ang nararapat nilang gawin, sa sandaling lumitaw ang isang anticristo, naghahasik sila ng alitan mula sa loob, nagsasalita ng masama tungkol kay taong A sa harap ni taong B at kabaligtaran, pinagaaway ang dalawang ito. Hindi ba't ito ang resulta ng paghahasik ng sigalot? Kung gayon, ano ang ilang pagpapamalas ng pagpapakana ng isang anticristo? Halimbawa, kapag may halalan sa iglesia, puwedeng mag-isip ang mga ordinaryong tao na walang ambisyon, "Sino man ang mahalal, magpapasakop ako rito; susuportahan ko sino man ang pinapayagan ng Diyos na maging lider, at hindi ako manggugulo o magdudulot ng problema." Pero hindi ganito mag-isip ang may masasamang hangarin. Kapag nakita nilang wala silang pag-asang manalo sa halalang ito, nagsisimula silang magkalkula sa puso nila: "Kailangan kong bilhan ang lahat ng ilang magandang bagay. Ano ang wala sa iglesia sa mga araw na ito? Bibili ako ng air purifier at ilalagay ko ito sa lugar ng

pagtitipon para kapag nakakalanghap ang lahat ng sariwang hangin, maiisip nila ako. Sa ganitong paraan, kapag dumating ang oras ng halalan, hindi ba't ako ang unang kandidato na maiisip nila? Kaya, hindi mawawalan ng saysay ang pagkilos ko o paggastos ko ng pera." Nang maisip nila ito, agad nilang bibilhin ang pinakamura pero pinakamagandang tingnan na air purifier. Dagdag pa rito, iniisip nila: "Sa panahon ngayon, kailangan kong maging maingat. Hindi ako dapat magsabi ng mga maling bagay, at hindi ako dapat magsabi ng mga bagay na negatibo at hindi nakakapagpatibay sa mga tao; kailangan kong mambola sa tuwing makakasalubong ko ang mga tao at madalas na purihin ang iba sa pagsasabi ng mga bagay tulad ng, 'Ang ganda ng hitsura mo! Talagang hinahangad mo ang katotohanan! Kahit mas matagal na akong nananampalataya sa Diyos kaysa sa iyo, mas hinahangad mo ang katotohanan kaysa sa akin. Mabuti ang pagkatao mo, at maliligtas ang mga taong may mabuting pagkatao tulad mo—hindi tulad ko.' Dapat magmukha akong mapagpakumbaba at purihin ang iba bilang mas mahusay kaysa sa akin sa lahat ng aspekto, ipinararamdam sa iba na nakatanggap sila ng sapat na pagrespeto." Hindi ba't pagpapakana ito? Ginagawa ng mga anticristo ang mga gayong bagay nang walang kahirap-hirap; hindi sila kayang talunin ng mga ordinaryong tao sa mga pagpapakana nila. Ano ang kasabihan ng mga walang pananampalataya? (Ibinenta ka ng isang tao pero tinulungan mo pa siyang bilangin ang pera.) Ginagawa ng mga anticristo ang mga gayong bagay, at karamihan sa mga tao ang pakay ng pagkakanulo at pagpapakana nila.

Sabihin ninyo sa Akin, tinatanggap ba ng mga anticristo ang pagpupungos? Inaamin ba nila na may tiwaling disposisyon sila? (Hindi, hindi nila ito inaamin.) Hindi nila inaamin na may tiwali silang disposisyon, pero pagkatapos silang mapungusan, nagkukunwari pa rin sila na kilala nila ang kanilang sarili. Sinasabi nila na sila ay isang diyablo at isang Satanas, walang pagkatao at mahina ang kakayahan, at na hindi nila kayang lubos na isaalang-alang ang mga bagay, hindi sila angkop sa mga gampanin na isinaayos ng iglesia, at hindi nila nagawa nang maayos ang mga tungkulin nila. Pagkatapos, sa harap ng karamihan ng mga tao, inaamin nila ang mga tiwaling disposisyon nila, inaamin nila na isa silang diyablo, at sa huli, sinasabi rin nila na pagpipino at pagliligtas ito ng Diyos sa kanila, ipinakikita sa mga tao kung gaano sila kahanda na tanggapin ang pagpupungos at kung gaano sila kamapagpasakop sa katotohanan. Hindi nila binabanggit kung bakit sila pinupungusan o ang pinsala at mga kawalan na idinulot ng mga kilos nila sa gawain ng iglesia. Iniiwasan nila ang mga isyung ito at nagsasalita sila ng mga salitang walang kabuluhan, mga doktrina, mga panlilinlang, at mga paliwanag para magkamali ang mga tao ng interpretasyon na hindi karapat-dapat at hindi patas ang pagpupungos na natatanggap nila mula sa sambahayan ng Diyos, na parang nagdusa sila ng malaking kawalan ng katarungan. Pagkatapos nilang mapungusan, nananatiling matigas ang puso nila, hindi kinikilala kahit kaunti ang alinman sa iba't ibang masasamang gawa nila. Kaya, ano ba ang mga salitang ito na pinagbahaginan nila tungkol sa pag-amin sa tiwaling disposisyon nila, sa pagiging handang tanggapin ang katotohanan, at sa kakayahang

magpasakop sa pagpupungos? Ang mga ito ba ang mga tunay nilang damdamin? Talagang hindi. Pawang kasinungalingan, pagkukunwari, at maladiyablong salita ang mga ito na pakay na ilihis at siluin ang mga tao. Ano ang pakay nila sa panlilihing sa mga tao? (Para sumamba at sumunod sa kanila ang mga tao.) Mismo, ito ay para ilihis at siluin ang mga tao na sumunod at makinig sa kanila, para isipin ng lahat na tama at mabuti sila. Sa ganitong paraan, walang nakakakilatis o sumasalungat sa kanila. Sa kabaligtaran, naniniwala ang mga tao na isa silang taong tumatanggap sa katotohanan, tumatanggap sa pagpupungos, at nagsisisi. Kaya, bakit hindi nila inaamin ang masasamang gawa nila o kinikilala ang mga kawalan na idinulot nila sa gawain ng sambahayan ng Diyos? Bakit hindi nila inilalahad ang mga usaping ito para mapagbahaginan? (Kung sasabihin nila ang mga bagay na ito, makikilatis sila ng mga tao.) Kung makikilatis sila ng mga tao, malinaw silang mauunawaan, at makikita ang tunay nilang pagkatao at disposisyong diwa, tatalikdan sila ng mga ito. Mahuhulog pa rin ba ang mga tao sa panlalansi nila at malilihing pa ba nila ang mga ito? Patuloy pa rin ba silang bibigyan ng mataas na pagpapahalaga ng mga ito? Patuloy pa rin ba silang pupurihin nang husto ng mga ito? Patuloy pa rin ba silang sasambahin ng mga ito? Hindi gagawin ng mga tao ang alinman dito. Nagpapanggap ang mga anticristo na kilala nila ang sarili nila, pero sa realidad, panlilingang at pagpapaliwanag ng sarili ang lahat ng ito, lahat ay para ilihis ang mga tao at obligahin ang mga tao na ipagtanggol sila, na siyang natatago nilang motibo. Iniiwasan nila ang mahahalagang usapin at kaswal nilang tinatalakay ang pagkilala nila sa sarili at pagtanggap ng pagpupungos para ilihis at siluin ang mga tao, para pahalagahan at sambahin sila ng mga tao. Hindi ba't napakabuktot ng pamamaraang ito? Talagang nalilingang dito ang ilang tao, at pagkatapos na mailihis ng mga anticristo, sinasabi nila, "Ang galing magsalita ng taong iyon—labis akong naantig. Ilang beses akong naiyak!" Sa oras na iyon, labis silang sinasamba at pinahahalagahan ng mga taong ito, pero sa huli lumalabas na anticristo pala sila; ito ang kinahihinatnan ng panlilihing at pagsilo ng mga anticristo sa ibang tao. Kayang ilihis ng mga anticristo ang mga tao sa ganitong paraan, at tiyak na maraming nalilihing at naloloko nito. Kung makikilatis ng isang tao ang mga anticristo sa usaping ito, kung gayon ay isa silang taong nakauunawa sa katotohanan at may pagkilatis.

Madalas pinapahirapan ng mga anticristo ang mga tao. Mayroon silang sikat na kasabihan, ito ay: "Kayong mga hamak, dahil hindi ka sumusuko sa akin, padadapain kita at pasasambahin sa akin sa ilang galaw lang—kung hindi ka susuko, ilalagay kita sa hanay ng mga nakatakandang bitayin!" Ano ang gustong gawin ng mga anticristo? Gusto nilang pahirapan ang mga tao. Anong uri ng tao ang gusto nilang pahirapan? Kung susunod ka sa kanila, sisipsip sa kanila, at sasamba sa kanila, pahihirapan ka ba nila? Kung maamo at masunurin ka sa kanila, kung nakikita nila na hindi ka isang banta, na madali kang utuin o isa kang alipin, hindi sila mag-aabalang pahirapan ka. Kung gumawa sila ng kasamaan o ng masasamang gawa, kung may makikita silang taong nakakakilatis sa kanila, na maglalantad at magbubuking sa kanila, na hihila sa kanila

pababa mula sa posisyon nila, na sisira sa reputasyon nila at unti-unting magpapahina sa mga kilos nila, mag-iisip sila kung paano pahihirapan ang taong iyon. Hindi basta-basta pinahihirapan ng mga anticristo ang mga tao; sa halip, palagi nilang inoobserbahan at sinusubukan ang mga tao, tinitingnan nila kung sino ang nagsasalita ng masama laban sa kanila kapag nakatalikod sila, kung sino ang hindi sumusuko sa kanila, sino ang kumikilatis sa mga kilos nila, sino ang hindi pumapansin sa kanila, at sino ang tumatangging maging malapit sa kanila. Pagkatapos mag-obserba sa loob ng ilang panahon at kapag nakakita sila ng dalawa o tatlong gayong indibidwal, nagsisimula silang magbahagi tungkol sa mga isyu ng mga taong ito sa mga pagtitipon. Kahit na tila tama ang sinasabi nila sa panlabas, sa realidad, may pinupuntirya ito, may dahilan at layon. Ano ang dahilan? Nakapag-imbestiga na sila nang lubusan; hindi sumusuko sa kanila ang mga indibidwal na ito, at kinikilatis sila ng mga ito, palagi silang sinusubukang ilantad at ibuking ng mga ito, para mapatalsik sila sa posisyon. Sinasabi nila ang mga bagay na ito para bigyan ng babala ang mga indibidwal na iyon, para paalalahanan ang mga ito. Kung umatras ang mga taong ito at hindi na mangahas na magpatuloy, at umayon ang lahat ng bagay ayon sa kagustuhan ng mga anticristo, hindi na nila papansinin ang mga ito. Pero kung magpapatuloy gaya nang dati ang mga indibidwal na ito, tumatangging maging malapit sa kanila at naglalayon pa rin na ibuking sila, iulat sila sa ang Itaas, at patalsikin sila sa posisyon nila, ang mga ito ang nagiging susunod na puntirya ng pagpapahirap ng mga anticristo. Nag-iisip sila ng ibang diskarte, at gumagamit ng mas mabibigat at mas matitinding pamamaraan, sinusubukan nilang makaisip ng mga paraang magagamit laban sa mga ito at makahanap ng mga pagkakataong pahirapan ang mga ito, hindi tumitigil hangga't hindi nila napapatalsik ang mga ito mula sa iglesia. Ganito pinahihirapan ng mga anticristo ang mga hindi sumasang-ayon sa kanila, at hindi sila titigil hangga't hindi nila nakakamit ang layon nila. Walang awa ang mga pamamaraan ng pagpapahirap na ginagamit ng mga anticristo. Nagsisimula sila sa paghahanap ng dahilan at pagbabansag sa mga tao, at pagkatapos ay sinisimulan na nilang pahirapan ang mga ito, hindi sila tumitigil hangga't hindi ganap na sumusunod at sumusuko ang mga tao sa kanila—kung hindi, hindi pa tapos ang pagpapahirap. Sa iglesia, patuloy na naghahasik ng sigalot at nagpapangkat-pangkat ang mga anticristo, pakay nilang lumikha ng isang paksiyon at kontrolin ang iglesia. Hindi ba't karaniwan na itong nangyayari? Ang mga anticristo ay nagpapangkat-pangkat, naghahasik ng sigalot, umaakit ng mga tagasuporta, nakikipagsabwatan sa mga kapaki-pakinabang sa kanila, na puwedeng magsalita para sa kanila, pagtakpan ang masasamang gawa nila, at ipagtanggol sila sa mahahalagang sandali. Hinihimok nila ang mga taong ito na gumawa ng mga bagay para sa kanila, iulat pa nga ang iba at maging mga mensahero nila. Kung may katayuan sila, nagiging kanilang nagsasariling kaharian ang grupong ito. Kung wala silang katayuan, bumubuo sila at ang grupo nila ng isang puwersa sa loob ng iglesia, na gumugulo at nakakaabala sa normal na kaayusan ng iglesia, at gumugulo sa normal na buhay iglesia at gawain ng iglesia.

Ang pinakakaraniwang pagpapamalas ng buktot na diwa ng mga anticristo ay na talagang mahusay sila sa pagpapanggap at pagpapaimbabaw. Sa kabila ng napakalupit, mapanlinlang, walang awa, at mayabang na disposisyon nila, sa panlabas ay ipinipresenta nila ang kanilang sarili bilang sobrang mapagpakumbaba at mabait. Hindi ba't pagpapanggap ito? Araw-araw na nagninilay-nilay sa puso nila ang mga taong ito, iniisip nila, "Anong klase ng damit ang dapat kong isuot para magmukha akong mas Kristiyano, mas matuwid, mas espirituwal, mas may pasanin, at mas tulad ng isang lider? Paano ako dapat kumain para iparamdam sa mga tao na sapat na pino, elegante, may dignidad, at marangal ako? Ano ang dapat maging estilo ng paglakad ko para magmukha akong lider at may karisma, para magmukha akong katangi-tanging tao at hindi karaniwan? Sa pakikipag-usap ko sa iba, anong tono, mga salita, hitsura, at mga ekspresyon ng mukha ang makakapagparamdam sa mga tao na mataas ang uri ko, tulad ng isang elitista o isang intelektuwal na may mataas na ranggo? Ano ang dapat kong gawin sa pananamit, estilo, pananalita, at ugali ko para igalang ako ng mga tao, para makapag-iwan ako ng di-malilimutang impresyon sa kanila, at matiyak ko na mananatili ako sa puso nila magpakailanman? Ano ang dapat kong sabihin para makuha ang loob ng mga tao at mapasaya ang puso nila, at para makapag-iwan ako ng pangmatagalang impresyon? Kailangan kong gumawa ng higit pa para tumulong sa iba at magsalita ng maganda tungkol sa kanila, dapat madalas akong magsalita tungkol sa mga salita ng diyos at gumamit ng ilang espirituwal na terminolohiya sa harap ng mga tao, mas madalas magbasa ng mga salita ng diyos sa iba, mas manalangin para sa kanila, magsalita nang mahina para makuha ang atensyon ng mga tao at makinig sila nang mabuti sa akin, at para iparamdam sa kanila na banayad, mapagmalasakit, mapagmahal, mapagbigay, at mapagpatawad ako." Hindi ba't pagkukunwari ito? Ito ang mga kaisipan na umookupa sa puso ng mga anticristo. Ang pumupuno sa mga isipan nila ay walang iba kundi ang mga kalakaran ng walang pananampalatayang mundo, na ganap na nagpapakita na sa mundo at kay Satanas ang mga kaisipan at pananaw nila. Maaaring palihim na manamit ang ilang tao nang gaya ng isang babaeng mababa ang lipad o malandi; partikular na tumutugma ang pananamit nila sa masasamang kalakaran at lubha itong moderno. Gayumpaman, kapag pumupunta sila sa iglesia, ibang-iba ang pananamit at asal nila kapag kasama ang mga kapatid. Hindi ba't lubha silang bihasa sa pagkukunwari? (Oo.) Ang iniisip ng mga anticristo sa puso nila, ang ginagawa nila, ang iba't ibang pagpapamalas nila, at ang mga disposisyong ibinubunyag nila ay pawang nagpapakita na buktot ang disposisyong diwa nila. Hindi pinagninilay-nilayan ng mga anticristo ang katotohanan, ang mga positibong bagay, ang tamang landas, o ang mga hinihingi ng Diyos. Pawang buktot ang mga iniisip, at ang mga pamamaraan, diskarte, at layon na pinipili nila—lumilihis silang lahat mula sa tamang landas at hindi sila kaayon ng katotohanan. Sumasalungat pa nga sila sa katotohanan, at sa pangkalahatan, maaari silang ibuod bilang masama; sadyang buktot ang kalikasan ng kasamaang ito—kaya't kolektibo itong tinatawag na kabuktutan. Hindi nila pinag-iisipan na maging

matapat na tao, maging dalisay at bukas, o maging taimtim at tapat; sa halip, pinag-iisipan nila ang mga buktot na pamamaraan. Halimbawa, ang isang tao na kayang magbukas tungkol sa kanyang sarili sa isang dalisay na paraan, isa itong positibong bagay at pagsasagawa ito sa katotohanan. Ginagawa ba ito ng mga anticristo? (Hindi.) Ano ang ginagawa nila? Palagi silang nagkukunwari, at kapag gumawa sila ng masama at nabibisto na sila, galit na galit nilang itinatago ito, pinapangatwiranan at ipinagtatanggol ang sarili, at ikinukubli ang mga katunayan—pagkatapos ay ibinibigay ang mga dahilan nila sa huli. Katumbas ba ng pagsasagawa sa katotohanan ang alinman sa mga pagsasagawang ito? (Hindi.) Naaayon ba sa mga katotohanang prinsipyo ang alinman sa mga ito? Mas lalong hindi.

Kanina lamang, pinagbahaginan at hinimay natin ang unang aspekto ng disposisyong diwa ng mga anticristo—kabuktutan. Nagsimula tayo sa paghihimay sa kung ano ang iniisip ng mga anticristo buong araw, gamit ang mga kaisipan, pananaw, at ang mga gawi at pamamaraan nila kung paano sila tumutugon sa iba't ibang usapin para mahimay ang buktot na disposisyon ng mga anticristo. Hinimay rin natin ang kalikasan ng iba't ibang bagay na ginagawa ng mga anticristo, batay sa umiiral sa mga isipan nila. Nagbigay rin tayo ng ilang halimbawa para himayin ang disposisyong diwa nila na nabubunyag sa mga pagkakataong ito. Kaugnay ng mga halimbawang ito, may nakita ba kayo na sinuman na medyo may mabuting pagkatao sa mga nagpapakita ng ganitong mga pag-uugali at nagbubunyag ng mga ganitong disposisyon? Pagdating sa isang taong may gayong mga pagbubunyag at pagpapamalas, nagtataglay ba ng pagkamatapat, kabaitan, kasimplehan, sinseridad, pagkamatuwid, at iba pa ang karakter niya? (Wala.) Malinaw na wala siya ng mga katangiang ito. Sa kabaligtaran, siya ay may karakter na lihim na mapanira, malupit, palagiang nagsisinungaling, makasarili, ubod ng sama, at walang pagpapahalaga sa dangal. Kitang-kita ang mga katangiang ito sa kanyang karakter. Masasabi nang tumpak na pawang may napakababang karakter ang mga taong may mga buktot na iniisip sa buong araw, at kayang gumawa ng iba't ibang buktot na bagay. Gaano ito kababa? Wala itong konsensiya, integridad, at lalong wala itong normal na pagkamakatwiran. Puwede bang ituring na tao ang mga taong walang mga ganitong bagay? Masasabi nang tiyak na hindi tao ang mga taong wala ng mga ganitong bagay; nakasuot lang sila ng balat ng tao. Puwedeng itanong ng ilang tao, “Hindi ba’t parang lobo iyon na nakadamit-tupa?” Isang metapora lang iyan. Ano ba ang mga lobo na nakadamit-tupa? Mga lobo talaga sila. Mayroon bang mahalagang pagkakaiba sa pagitan ng mga lobo at ng mga diyablo o anticristo? Tinutugis at kinakain ng mga lobo ang mga baka at tupa, hindi dahil sa kasakiman kundi dahil iyon ang kalikasan nila na inorden ng Diyos. Gayumpaman, may isang bagay na taglay ng mga lobo na wala sa mga anticristo. Kung kinukupkop at inaalagaan ng isang tao ang isang lobo o iniligtas ito ng isang tao, hindi kailanman sasaktan ng lobo ang taong iyon at magpapakita ito ng pasasalamat. Sa kabaligtaran, tinatamasa ng mga anticristo ang biyaya, pag-akay ng Diyos, at ang pagtustos ng mga salita ng Diyos, pero nagpapakana sila laban sa Diyos

sa lahat ng bagay, palaging sumasalungat at napopoot sa Kanya. Hindi nila kayang magpasakop sa anumang ginagawa ng Diyos; hindi nila kayang sabihin ang amen sa Kanyang mga gawa—gusto nilang sumalungat. Angkop bang sabihing mga lobo na nakadamit-tupa ang mga anticristo? Tumpak ba ang metaporang ito? (Hindi.) Dati, sa relihiyon, itinuturing na lobo na nakadamit-tupa ang sinumang tinaguriang anticristo o masamang tao. Isa lang itong metapora na ginagamit ng mga tao noong hindi pa nila nauunawaan ang katotohanan at ang pagkataong diwa at ang disposisyon ng iba't ibang indibidwal. Pero, kapag napagbabahaginan sa antas na ito ang katotohanan, nagiging mas hindi angkop ang paggamit ng metaporang ito. Ang mga diyablo ay diyablo, at katumbas ng mga diyablo ang mga anticristo, at hindi sila karapat-dapat na ihambing sa lahat ng buhay na nilalang na nilikha ng Diyos. Mayroon bang alinman sa mga bagay na nilikha ng Diyos, tulad ng mga lobo o iba pang mga karniboro, na lumaban o naghimagsik laban sa Diyos kailanman? Magpoprotesta ba sila laban sa Diyos o sasalungat sa Kanya? Huhusgahan, kokondenahin, o babatikusin ba nila ang anumang sinasabi ng Diyos? Hindi nila ginagawa ang mga gayong bagay; namumuhay lang sila ayon sa mga likas na gawi at kapaligiran sa pamumuhay na itinakda sa kanila ng Diyos. Ano man ang paglikha ng Diyos sa kanila, ganoon sila—walang anumang pagkukunwari. Pero iba ang mga anticristo: Mayroon silang kalikasan ni Satanas, at dalubhasa sila sa pagkilos laban sa mga positibong bagay at sa katotohanan. Katulad lang sila ng malaking pulang dragon: Dalubhasa sila sa paggawa ng mga gawaing lumalaban sa Diyos.

2. Kung Ano ang Ginagawa ng mga Anticristo sa Diyos

Pagkatapos magbahaginan tungkol sa iba't ibang buktot na pagpapamalas na ipinapakita ng mga anticristo sa mga tao, magbahaginan naman tayo tungkol sa kung anong mga pagpapamalas ang ipinapakita ng mga anticristo sa Diyos sa usapin ng pag-iisip lang nila tungkol sa mga buktot na bagay buong araw. Marami na tayong natalakay noon tungkol sa paksang ito, kaya magbuod tayo. Magsisimula tayo sa mas magagaang kaso at unti-unti tayong magtatransisyon sa mas malulubhang kaso. Una ay ang pagdududa, kasunod ang pagsisiyasat sa Diyos, at mayroon ding paghihinala, pagiging mapagbantay, paghingi, at pakikipagtawaran. Mayroon pa bang iba? (Pagsubok sa Diyos.) Lubhang seryoso ang kalikasan ng ganitong pag-uugali. Habang nagpapatuloy tayo, lalo pang nagiging mas malubha ang kalikasan ng bawat pag-uugali—pagtangga, pagkondena, paghusga, paglapastangan, berbal na pang-aabuso, pag-atake, pagprotesta, at pagsalungat. Bagaman sa panlabas ay tila medyo magkakatulad ang kahulugan ng ilan sa mga terminong ito, kapag mas masusing sinuri, nagkakaiba ang lalim o diin ng mga ito. Sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang perspektiba o sa pagsasaalang-alang ng iba't ibang pamamaraan ng mga anticristo, puwede nating matukoy ang pagkakaiba sa kalikasan ng mga terminong ito.

a. Pagdududa

Ang pagdududa, pagsisiyasat, at paghihinala ay medyo paunang mga pagpapamalas. Nagkikimkim lang ang ilang tao ng pagdududa sa puso nila, iniisip nila, “Ang katawang-tao bang ito ay talagang Diyos? Mukha Siyang isang tao sa akin. Ang lahat ba ng salita Niya ay ang katotohanan? Alin sa mga ito ang tila ang katotohanan? Maaaring higit sa pananalita at kaalaman ng tao ang ilan sa mga sinasabi Niya. Maaaring hindi malinaw na naipapaliwanag ng mga tao ang mga hiwaga at propesiya, pero hindi ba’t kaya rin ng mga propetang sabihin ang mga gayong bagay? Sinasabing matuwid ang Diyos, pero paanong naging matuwid ang Diyos? Sinasabing may kataas-taasang kapangyarihan ang Diyos sa lahat ng bagay, pero bakit palaging gumagawa ng masasamang bagay si Satanas? Kapag binibihag at inuusig kami ni Satanas, kapag inaabuso kami nito, bakit hindi nakikialam ang Diyos? Nasaan ang Diyos? Talaga bang umiiral ang Diyos?” Kapag walang tunay na pananalig ang mga tao, hindi kinikilala ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, hindi alam ang disposisyon ng Diyos, o ang diwa ng Diyos, at hindi nauunawaan ang katotohanan, uusbong ang mga gayong pagdududa sa puso nila. Gayumpaman, habang unti-unting nararanasan ng mga tao ang gawain ng Diyos, naaarok ang katotohanan, at nakikilala ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, ang mga pagdududang ito ay unti-unting nalulutas at nagiging tunay na pananalig. Ito ang hindi maiiwasang landas para sa lahat ng taong sumusunod sa Diyos. Pero para sa mga anticristo na may buktot na diwa, mababago ba ang mga pagdududa nila? (Hindi, hindi mababago ang mga ito.) Bakit hindi mababago ang mga ito? (Hindi mananampalataya ang mga anticristo—hindi nila kinikilala ang Diyos.) Sa teorya, sila ay mga hindi mananampalataya, kaya palagi silang nagdududa sa Diyos. Ang obhetibong dahilan ay na likas na tumatanggi ang mga ganitong tao na tanggapin ang katotohanan at mga positibong bagay. Gayumpaman, ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay positibo at ang katotohanan. Dahil tutol at mapanlaban sa katotohanan ang mga anticristo, kahit na kinikilala ng lahat ng tao na isang katunayan ang bawat bagay na ginagawa ng Diyos, na nasa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos ang lahat ng ito, at na ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos—gaya ng Diyos—ay tiyak na umiiral, hindi kinikilala o tinatanggap ng mga anticristo na mga katunayan ang mga ito. Sa puso nila, nananatili magpakailanman ang mga pagdududa tungkol sa Diyos. Malinaw na ang mga ito ay mga katunayan, nasasaksihan ng lahat, at kahit iyong kadalasang mga may pinakamaliit na pananalig ay nawawalan ng mga pagdududa tungkol sa Diyos matapos maranasan ang gawain ng Diyos sa loob ng maraming taon, at nagkakaroon sila ng tunay na pananalig sa Diyos. Tanging ang mga anticristo ang hindi kayang baguhin ang mga pagdududa nila tungkol sa Diyos. Sa obhetibong pananalita, sa teorya, ang mga indibidwal na ito ay mga hindi mananampalataya na hindi tinatanggap ang katotohanan, pero sa katunayan, ito ay dahil ang mga anticristo ay tutol sa katotohanan at nagtataglay ng buktot na diwa—ito ang pangunahing dahilan. Kahit gaano karaming tao ang nagpapatunay o nagpapatotoo sa ginawa ng Diyos, o gaano man katibay ang

isang ebidensiyang ipinakita sa harap ng mga anticristo, tumatanggi pa rin silang maniwala sa diwa ng Diyos o na ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay—ito ay labis na buktot. Mailalarawan ito sa isang punto: Kapag nakikita ng mga anticristo ang napakalaki at maliwanag na katunayan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay, hindi nila pinaniniwalaan ni kinikilala ito, at pinagdududahan pa nila ang Diyos. Gayumpaman, pagdating sa mga gawa ng diumano'y Buddha o ng mga imortal na sinasabi ng mga walang pananampalataya, mga diyablo, at masasamang espiritu—mga gawa na hindi nasaksihan ng mga anticristo, at na walang anumang nahahawakang ebidensiya—agad-agad silang naniniwala. Isa itong sukdulang pagpapakita ng kabuktutan. Kahit gaano kadakila o kagila-gilalas ang mga kilos ng Diyos, nagdududa pa rin at nagpapakita ng paghamak ang mga anticristo, palaging nagkikimkim ng pagdududa sa puso nila. Pero kapag gumagawa ng anumang kakaibang bagay ang mga diyablo o si Satanas, nakukuha ang loob nila, at yumuyukod sila sa paghanga. Hindi nila magawang magkaroon ng takot o ng tunay na pananalig sa Diyos, gaano man kadakila ang mga bagay na ginagawa ng Diyos. Sa kabaligtaran, madali silang naniniwala sa lahat ng mga gawa-gawa ni Satanas, at buong-puso nilang sinasamba ang mga ito. Pagpapakita ito ng kabuktutan. Palaging umiiral ang katunayan na pinagdududahan ng mga anticristo ang Diyos. Hindi sila kailanman naniniwala na may kataas-taasang kapangyarihan ang Diyos sa lahat ng bagay, at hindi nila kailanman kinikilala na ang Diyos ang katotohanan; kahit gaano karaming tao ang nagpapatotoo o kahit gaano karaming ebidensiya ang ipakita para sa mga bagay na ito, hindi nila kayang aminin o paniwalaan ang mga ito. Sa isang banda, ito ay dahil sa buktot na disposisyong diwa ng mga anticristo, at sa kabilang banda, ipinahihiwatig nito na hindi talaga tao ang mga gayong indibidwal, dahil wala sila ng mga proseso ng pag-iisip ng normal na pagkatao. Ano ang ibig sabihin ng wala sila ng mga proseso ng pag-iisip ng normal na pagkatao? Ibig sabihin, wala silang tamang paghusga at pag-unawa sa mga positibong bagay, sa katotohanan, at sa diwa at pinagmulan ng lahat ng bagay. Kahit sa pamamagitan ng pagbabasa sa mga salita ng Diyos, pakikinig sa mga sermon, at pagdanas sa mga salita ng Diyos, hindi nila kayang makumpirma o maniwala kundi nananatili silang nagdududa. Malinaw na ang mga indibidwal na ito ay walang mga proseso ng pag-iisip ng normal na pagkatao. Tao pa rin ba ang mga taong walang mga normal na proseso ng pag-iisip, na hindi nakakaarok sa katotohanan, sa mga salita ng Diyos, at sa mga positibong bagay at katunayan? (Hindi, hindi sila tao.) Hindi sila tao, pero hindi masasabing mga hayop sila, dahil walang buktot na disposisyon ang mga hayop; dahil may buktot na disposisyon ang mga indibidwal na ito, totoo ang pahayag na ito: Ang mga indibidwal na ito ay tunay ngang mga anticristo, nagtataglay ng malademonyong kalikasan. Ang pagdududa ay isang kalagayan sa mga kaisipan na ipinapamalas ng mga anticristo patungkol sa Diyos, at isa rin itong uri ng disposisyong diwa na nabubunyag sa pag-uugali nila, na siyang pinakamababaw, pinakapundamental, pinakapanlabas, at pinakapangkaraniwang pagpapakamalas.

b. Pagsisiyasat

Sa puso nila, puno ng pagdududa ang mga anticristo tungkol sa Diyos, kaya tunay ba nilang tinatanggap ang mga salita ng Diyos, ang Kanyang disposisyon, at ang Kanyang gawain? Tunay ba silang nagpapasakop sa lahat ng ito? Tunay ba silang sumusunod sa Diyos? Malinaw na ang sagot ay hindi. Ano ang kasunod nito? Kapag pumupunta sa sambahayan ng Diyos ang mga indibidwal na ito, iniisip nila: “Nasaan ang diyos? Hindi ko siya makita, naririnig ko lang ang tinig niya. Batay sa boses, tila babae ito; batay sa mga salita, tila edukada siya, hindi mangmang; pero batay sa paraan ng pagsasalita at sa nilalaman ng mga salita niya, ano ang sinasabi niya? Bakit parang nakakalito ito? Pagkatapos makinig, maraming tao ang nagsasabing ito ang katotohanan, pero bakit hindi ganoon ang dating nito sa akin? Lahat ng ito ay tungkol sa mga usapin ng pagkatao, ng disposisyon ng tao, ng iba’t ibang kalagayan na ibinubunyag ng mga tao sa mga kilos nila—mayroon bang buhay at daan dito? Hindi ko talaga nauunawaan. Sinasabi ng lahat pagkatapos makinig na dapat nilang tuparin ang mga tungkulin nila nang tapat, palugurin ang diyos, at hangarin ang kaligtasan. Maraming tao pa nga ang nagsusulat ng mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan at nagpapatotoo. Diyos ba ang taong ito? Kahawig ba niya ang diyos? Hindi ko pa nakita ang mukha niya; kung nakita ko na ito, marahil ay mababasa ko ang hitsura niya at magkakaroon ako ng tiyak na kasagutan. Sa ngayon, ang marinig lang ang boses niya at mapakinggan ang mga sinasabi niya, medyo nag-aalinlangan pa rin ako.” Ano ang ginagawa nila? Sinisiyasat, sinusubok, at tinatangka nilang arukin ang aktuwal na sitwasyon, para makita kung ito nga ba talaga ang Diyos, at pagkatapos ay pagpapasyahan nila kung susunod ba sila sa Kanya, kung paano Siya susundan, at titiyakin nila kung makakahanap ba sila ng sagot sa taong ito tungkol sa mga pagpapala at hantungang gusto nilang matamo, pati na sa mga pagnanais nila, at kung tumpak ba nilang malalaman sa pamamagitan ng taong ito kung ano ang katangian ng Diyos sa langit, kung tunay ba Siyang umiiral, kung ano ang disposisyon Niya, kung ano kaya ang pamamaraan at saloobin Niya sa mga tao, at kung anong uri ng mga abilidad, kasanayan, at awtoridad ang mayroon Siya. Hindi ba’t pagsisiyasat ito sa Diyos? Malinaw na pagsisiyasat nga ito.

Habang sinisiyasat ang Diyos, matatanggap ba ng mga anticristo ang mga salita ng Diyos bilang buhay nila, at magagawang gabay at layon ang mga ito para sa pang-araw-araw nilang pamumuhay at pag-uugali? (Hindi.) Maaaring siyasatin ng isang ordinaryong tiwaling tao ang Diyos sa sandaling panahon at pagkatapos ay iisipin niya, “Mali ang landas na ito, hindi mapakali ang puso ko; hindi ako makakahanap ng mga kasagutan sa pamamagitan ng pagsisiyasat sa Diyos sa ganitong paraan. Paano nagagawa ng isang mananampalataya sa Diyos na siyasatin Siya? Ano ang makakamit sa pagsisiyasat sa Diyos? Kapag sinisiyasat ng mga mananampalataya ang Diyos, itinatago ng Diyos ang Kanyang mukha mula sa kanila, at hindi nila makakamit ang katotohanan. Sinasabi na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan at na makikita ng mga tao ang daan at makakamtan ang buhay mula sa loob ng mga salita Niya. Hindi maganda para sa akin

ang kumilos nang ganito—hindi ko puwedeng patuloy na siyasatin Siya.” Habang nakikinig sila sa mga sermon at nagbabasa ng mga salita ng Diyos, unti-unti nilang natutuklasan na may mga tiwaling disposisyon ang mga tao, at unti-unti nilang napagtatanto na hindi sila puwedeng maging kaayon ng Diyos, hindi nila matutupad nang wasto ang mga tungkulin nila, o magagawa nang maayos ang anumang bagay, maliban kung malulutas ang mga tiwaling disposisyong ito. Unti-unti nilang natutuklasan na ang dahilan kung bakit hindi natutupad nang maayos ng mga tao ang mga tungkulin nila ay dahil hinahadlangan sila ng kanilang mga tiwaling disposisyon at pagiging mapaghimagsik, at dahil kumikilos sila ayon sa mga tiwaling disposisyon nila, at hindi nila kayang pangasiwaan ang mga usapin ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Susunod, magsisimula silang mag-isip, “Paano ako makakakilos nang alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo? Kapag nabubunyag ang mga tiwaling disposisyon ko, paano ko malulutas ang mga ito?” Ang pinakamabisang solusyon sa mga tiwaling disposisyon ng mga tao ay ang katotohanan at mga salita ng Diyos. Ang pinakadirektang paraan para makapasok ang mga tao sa katotohanan ay ang hanapin nila ang mga katotohanang prinsipyo, at ang hanapin ang mga prinsipyo sa lahat ng ginagawa nila. Nagtatatag ito ng mga layon, direksiyon, mga landas, at mga paraan ng pagsasagawa. Kapag naitatag na ang mga ito, may landas nang susundan ang mga tao, at kapag kumikilos sila, malamang na hindi nila malalabag ang mga atas administratibo, hindi nila maibubunyag ang mga tiwaling disposisyon nila, o hindi sila magdudulot ng mga kaguluhan at pagkagambala, at mas malamang pa nga na hindi nila lalabanan ang Diyos. Pagkatapos pagdaanan ang gayong karanasan, nararamdaman nila na natagpuan na nila ang isang angkop na landas para sa pananampalataya nila sa Diyos, at na ito ang landas na kailangan nila, ang siyang dapat nilang pasukan, ang tamang landas para sa pananampalataya sa Diyos at para sa buhay, at na mas higit na mainam ito kaysa sa pagsisiyasat sa Diyos at palaging paggamit ng maghintay-at-magmasid na pamamaraan sa Kanya. Napagtatanto nila na walang saysay ang pagsisiyasat sa Diyos, at na gaano man Siya siyasatin ng isang tao, hindi nito malulutas ang iba’t ibang tiwaling disposisyon na ibinubunyag nila, o ang mga problemang umuusbong kapag ginagampanan nila ang mga tungkulin nila. Kaya, unti-unti silang nagtatransisyon mula sa pagsisiyasat sa Diyos patungo sa landas ng paghahanap sa mga katotohanang prinsipyo. Ito ang normal na paraan ng pagpasok at prosesong batay sa karanasan para sa mga ordinaryong tiwaling tao. Gayumpaman, para sa mga anticristo, iba ito. Mula pa noong unang araw na pumasok sila sa sambahayan ng Diyos at tumawid sa pintuan nito, iniisip nila, “Labis na interesante ang lahat ng bagay sa sambahayan ng diyos, bagong-bago ang lahat ng bagay—iba ito sa mundong walang pananampalataya. Sa sambahayan ng diyos, kailangang maging matapat ang lahat; para itong isang malaking pamilya, at buhay na buhay ito!” Pagkatapos magsiyasat, maging pamilyar, at lubos na maunawaan ang mga kapatid nila, oras na para siyasatin nila ang Diyos. Iniisip nila, “Nasaan ang diyos? Ano ang ginagawa ng diyos? Paano niya ito ginagawa? Mahirap siyasatin ang diyos sa langit;

mahirap siyang arukin at bigo kaming magawa ito. Pero ngayon, mayroong maginhawa at madaling paraan—pumarito ang diyos sa lupa, kaya madali nang siyasatin siya.” Ang ilan sa kanila ay mapalad na makaugnayan ang Diyos sa lupa, na makita ang taong ito nang sarili nilang mga mata, kaya lalong nagiging mas madali para sa kanila na siyasatin Siya. Paano nila ito ginagawa? Sinisiyasat nila ang masayahing pakikipag-usap ng Diyos sa lupa, kung sa anong mga usapin Siya gumagamit ng isang paraan ng pagsasalita at kung sa anong mga usapin Siya gumagamit ng ibang paraan ng pananalita, ang mga konteksto kung saan tumatawa at masaya Siya, at kung ano ang sinasabi Niya sa mga oras na iyon, gayundin kung ano ang sinasabi Niya kapag hindi Siya masaya o kapag galit Siya. Sinisiyasat nila kung sa anong mga sitwasyon Niya binabalewala ang mga tao o kung sa anong mga sitwasyon Siya napakamagiliw sa kanila, kung kailan Niya pinupungusan ang mga tao at kung kailan hindi, kung anong mga usapin ang pinagtutuunan Niya ng pansin at kung ano ang wala Siyang pakialam, gayundin kung alam Niya kung kailan Siya sinisiyasat, nilalansi, o sinasaktan ng mga tao kapag nakatalikod Siya. Pagkatapos siyasatin ang mas malalawak na aspekto, sinusuri ng mga anticristo ang mga detalye, tulad ng kung ano ang kinakain ng Diyos sa lupa, kung ano ang sinusuot Niya, at ang pang-araw-araw Niyang gawi. Sinisiyasat nila kung ano ang gusto Niya, kung saan Niya gustong pumunta, at maging kung anong mga kulay ang gusto o ayaw Niya, kung mas gusto ba Niya ang maaraw o maulap na panahon, at kung lumalabas ba Siya kapag masama ang panahon—lahat ng partikular na detalyeng ito. Mula simula hanggang wakas, ang mga anticristo ay palaging nagsisiyasat, binabalewala nila kung ano ang gagawin ng taong ito na may pinanghahawakang pagkakakilanlan ng Diyos. Sinasabi nila, “Wala akong pakialam kung ano ang ipinunta mo rito; sa tuwing makikita kita, ikaw ang magiging paksa ng pagsisiyasat ko.” Ano ang layon ng pagsisiyasat nila? Iniisip nila, “Kung mapapatunayan kong ikaw talaga ang diyos, puwede kong matatag at buong puso na iwan ang lahat para sumunod sa iyo. Dahil ang pananampalataya sa diyos ay parang pagtaya, at dahil sinasabi mong ikaw ang diyos at ang nagkatawang-taong diyos, ang pananampalataya sa iyo ay katumbas ng pagtaya sa iyo. Paanong hindi kita sisiyasatin? Kung hindi kita sisiyasatin, hindi ito magiging patas sa akin. Kung hindi kita sisiyasatin, hindi ko magagampanan ang pananagutan ko para sa sarili kong hantungan, mga kinabukasan, at tadhana. Dapat kitang siyasatin hanggang sa dulo.” Kahit hanggang ngayon, pagkatapos ng lahat ng pagsisiyasat nila, hindi pa rin sila sigurado: “Si cristo ba talaga ang taong ito? Siya ba talaga ang diyos na nagkatawang-tao? Hindi ito masyadong malinaw. Gayunman, maraming tao ang sumusunod sa kanya, at medyo maganda na ang sitwasyon ng pagpapalaganap ng ebanghelyo. Mukhang posible na higit pa itong lumaganap, kaya hindi ko dapat hayaan ang sarili ko na maiwan. Pero kailangan ko pa rin siyang patuloy na siyasatin.” Hindi na sila mababago.

May buktot na disposisyong diwa ang mga anticristo, kaya hindi nila kailanman itinitigil ang pagsisiyasat nila. Sa isang organisasyon o komunidad ng mga walang pananampalataya, sinisiyasat at sinasamantala nila ang lahat ng uri ng tao, inaalam nila

kung ano ang gusto ng mga nakatataas sa kanila, tinutukoy ang mga kahinaan ng mga ito, at pagkatapos ay inaayon ang mga kilos nila at inaakma sa mga kagustuhan ng mga nakatataas sa kanila para makuha ang pabor ng mga ito. Pagkatapos pumasok sa sambahayan ng Diyos, hindi pa rin nagbabago ang kalikasan nila—nagpapatuloy sila sa kanilang pagsisiyasat. Hindi nila nauunawaan na ang pagsisiyasat sa Diyos ay hindi ang landas na dapat sundan ng mga mananampalataya. Sa pagsisiyasat sa Diyos, hindi nila kailanman maaarok ang mga kilos ng Diyos, o makikita na ang lahat ng ipinapahayag ng Diyos ay ang katotohanan, o mauunawaan na ang lahat ng katotohanan at kilos na ito ng Diyos ay para sa kaligtasan ng sangkatauhan. Hindi kailanman mauunawaan ng mga anticristo ang puntong ito. Ang nakikita lang nila ay na patuloy na nagdurusa ang hinirang na mga tao ng Diyos sa pag-uusig at pagtugis ni Satanas. Napapansin lang nila ang masasamang tao na gumagawa ng masasamang gawain at nagdudulot ng mga kaguluhan sa loob ng iglesia, at ang mga puwersa ng mga anticristo sa relihiyosong mundo na patuloy na naninirang-puri at kumokondena sa Diyos, habang hindi kailanman nilulutas ng Diyos ang alinman sa mga ito. Dahil dito, patuloy na kumakapit ang mga anticristo sa sarili nilang mga kuru-kuro at imahinasyon, matigas na tumatangging tanggapin ang anumang katotohanang ipinahayag ng Diyos. Ano ang resulta? Ang mga kuru-kuro at imahinasyon nila ay nagiging ebidensiya nila para labanan ang Diyos. Sa mata ng mga anticristo, ang mga diumano'y ebidensiya na ito ang mga dahilan kung bakit hindi sila nananampalataya o kumikilala sa pagkakakilanlan at diwa ng Diyos. Dahil mismo sa pagtanggì nilang tanggapin ang katotohanan, hinding-hindi nila kailanman makikita ang mga katotohanang nasa likod ng mga katunayang ito, ang mga katotohanang dapat maunawaan at maarok ng mga tao, at ang mga layunin ng Diyos. Ito ang resulta ng pagsisiyasat nila. Kapag nahaharap sa mga katunayang ito, ang mga naghahangad sa katotohanan, nagmamahal sa katotohanan, at may tunay na pananalig sa Diyos, ay kayang tanggapin ang mga bagay mula sa Diyos at tugunan nang tama anuman ang mangyari sa sambahayan ng Diyos, at kaya nilang maghintay sa Diyos, maging tahimik sa harap ng Diyos at manalangin sa Kanya, maghanap para maarok ang mga layunin ng Diyos, at maunawaan at maaarok din na ang mabubuting layunin ng Diyos ay nasa likod ng paglitaw ng lahat ng bagay na ito. Alang-alang sa pagbubunyag at pag-aalis sa masasamang tao, maraming ginagawa ang Diyos na hindi maisip ng mga tao. Kasabay nito, alang-alang sa pagpeperpekto sa hinirang na mga tao ng Diyos, at sa pagbibigay sa kanila ng kakayahang magtamo ng pagkilatis at matuto ng mga aral, ginagamit din Niya ang masasamang tao at ang masasamang gawa nila para magserbisyo. Sa isang banda, ibinubunyag at itiniwalag ng Diyos ang mga ito; sa kabilang banda naman, binibigyang kakayahan Niya ang Kanyang hinirang na mga tao na makita kung anong mga bagay ang positibo at negatibo, kung sino ang sinasang-ayunan ng Diyos, kung sino ang kinasusuklaman ng Diyos, kung sino ang itiniwalag ng Diyos, at kung sino ang pinagpapala Niya. Ang mga ito ay pawang mga aral na kailangang matutunan ng hinirang na mga tao ng Diyos, ang mga positibong resulta na

dapat makamit ng mga naghahangad sa katotohanan, at ang mga katotohanang dapat maunawaan ng mga tao. Gayumpaman, dahil sa buktot na disposisyong diwa nila, hindi kailanman makakamit ng mga anticristo ang mga pinakamahalagang bagay na ito. Kaya, mayroon lang silang isang kalagayan—habang nasa presensiya sila ng Diyos, bukod sa pinagdududahan nila ang Diyos, palagi nilang sinisiyasat ang Diyos. Kahit hindi nila ito lubos na matukoy, patuloy pa rin nilang sinisiyasat ang Diyos. Kung tatanungin mo sila kung pagod na sila, sasabihin nila, “Hindi naman. Ang pagsisiyasat sa diyos ay masaya, kawili-wili, interesante, at nakakaaliw na gawin!” Hindi ba’t mga maladiyablong salita ang mga ito? Taglay nila ang wangis ni Satanas, mayroon silang kalikasang diwa ng mga anticristo. Wala silang intensyon na tanggapin ang katotohanan o ang pagliligtas ng Diyos; narito lang sila para siyasatin ang Diyos.

c. Paghihinala

Susunod, magbabahaginan tayo tungkol sa paghihinala ng mga anticristo sa Diyos. Ano ba ang literal na kahulugan ng paghihinala? Mayroong ilang partikular na pagpapamalas, kaisipan, at pag-uugali para sa pagsisiyasat sa Diyos, at tiyak na tamang sabihing totoo rin ito tungkol sa mga paghihinala. Pagkatapos siyasatin ang Diyos, hindi pa rin alam ng ilang tao kung ano talaga ang disposisyon ng Diyos o kung anong klaseng mga emosyon mayroon ang Diyos, at hindi sila sigurado kung tunay bang umiiral ang Diyos. Mas lalong hindi nila matukoy kung ang ordinaryong taong ito ay si Cristo o kung taglay ba Niya ang diwa ng Diyos. Hindi nila nauunawaan at hindi malinaw sa kanila ang mga bagay na ito. Pagkatapos, kapag nagkaroon sila ng pagkakataong makipag-ugnayan sa Diyos, iniisip nila, “Nakipagbahaginan sa akin si cristo tungkol sa paggawa ng mga tao ng mga tungkulin nang pabasta-basta; may nagsabi kaya na ginagawa ko ang mga tungkulin ko nang pabasta-basta at nalaman ito ni cristo? Lyon ba ang dahilan kung bakit niya ito nabanggit noong nagkita kami? Tiyak na may nagsumbong sa akin, at pagkatapos malaman ni cristo, pinuntirya niya ako para mailantad. Gusto pa rin kaya ako ni cristo, ngayong alam na niya kung anong klaseng tao ako? Tutol ba siya sa akin, o mababa kaya ang tingin niya sa akin? Naghahanda na ba siyang tanggalin ako?” Pagkatapos maghintay nang ilang panahon at makitang hindi pa sila natatanggal, iniisip nila, “Hay, takot na takot ako. Iniisip ko na baka makitid ang isip ni cristo, pero hindi niya ako pinalitan. Makakahinga na ako nang maluwag ngayon.” Puwedeng sabihin ng ilan, “Noong huli kong pakikipagkita kay cristo, hindi ako nagsalita nang maayos, para akong walang pinag-aralan, at medyo kakaiba ang pananalita ko. Inilantad ko ang totoo kong pagkatao. Magkakaroon kaya ng masamang impresyon sa akin si cristo? Ititiwalag kaya niya ako kalaunan? Ayos lang ang lahat kapag hindi ko siya nakikita—lumalabas lang ang mga problema ko kapag nagkikita kami. Hindi na ako dapat muling makipagkita sa kanya, kailangan ko siyang iwasan sa tuwing makikita ko siya, at lumayo sa kanya hangga’t maaari, at tiyak na hindi ako dapat magkaroon ng anumang pakikitungo, pakikisalamuha, o malapit na ugnayan kay cristo. Kung hindi, puwedeng bumaba ang

tingin niya sa akin.” Anong klaseng mga kaisipan at pamamaraan ang mga ito? (Mga paghihinala.) Mga paghihinala ang mga ito. Mayroon ding mga nagsasabi, “Noong huling pagtitipon, nagtanong ang diyos ng isang simpleng katanungan, pero hindi ko ito nasagot nang maayos, na nagbunyag sa mga kapintasan ko. Iisipin kaya ng diyos na wala akong mahusay na kakayahan, at hindi ba niya ako lilinangin sa hinaharap? Noong nakaraan, may naglantzad sa isang bagay na ginawa ko, sinabi nitong naging hangal ako at kumilos ako nang walang pag-iingat. Kung matutuklasan ito ng diyos, gagawin pa rin kaya niya akong perpekto sa hinaharap? Ano ang katayuan ko sa isip ng diyos—mataas ba o mababa, mas nakahihigit ba o nakabababa? Sa aling kategorya kaya ako nabibilang? Sa hinaharap, sa tuwing makikipag-usap ako sa diyos, kailangan kong ihanda ang mga salita ko. Hindi ako puwedeng magsalita nang kaswal o sabihin kung ano ang nasa isip ko. Kailangan kong mas magnilay-nilay pa, mas pag-isipan pa ang mga bagay-bagay, mas magsaalang-alang pa, ayusin nang mabuti ang pananalita ko, at ipakita kay cristo ang pinakamahusay at pinakamagaling na bahagi ko. Napakaganda at napakaperpekto niyon kung magkagayon!” Isa rin itong paghihinala.

Ang paghihinala ay isa pang katangian ng buktot na disposisyon ng mga anticristo. Bukod sa pagdududa at pagsisiyasat, nagkikimkim din ang mga anticristo ng mga paghihinala. Sa madaling salita, alinmang aspekto ang nangingibabaw sa mga kaisipan nila, wala sa mga ito ang may kinalaman sa pagsasagawa at paghahanap sa katotohanan. Kung gayon, makukumpirma ba ng mga diskarte, kaisipan, o pamamaraang ito na buktot ang disposisyong diwa ng mga anticristo? (Oo.) Nagdududa man sa Diyos, nagsisiyasat sa Diyos, o nagkikimkim ng mga paghihinala sa Diyos ang mga anticristo, ano’t anuman, palagi silang nabibigong tumuon sa katotohanan, hindi sila nagbabago kahit kailan, at patuloy nilang ginagamit ang mga pamamaraang ito para pagnilay-nilayan ang mga usaping may kaugnayan sa Diyos at para tratuhin ang Diyos, nang hindi man lang hinahanap ang katotohanan. Gaano man kanakakapagod at kahirap ang mga kilos na ito, walang kapaguran nilang patuloy na ginagawa at inuulit ang mga ito. Gaano man katagal na nilang sinisiyasat o pinagdududahan ang Diyos, o kung may nakuha man silang anumang resulta o wala, patuloy nilang sinusundan ang landas na ito gaya nang dati, patuloy na kumikilos sa ganitong paraan at inuulit ang mga kilos nila. Hindi nila sinusuri ang sarili nila kahit kailan, iniisip, “Ito ba ang pamamaraan at saloobing mayroon dapat ang isang nilikha sa pagtrato sa Diyos? Ano ang kalikasan ng kung paano ko tinatrato ang Diyos? Anong uri ng disposisyon ang ibinubunyag ko? Naaayon ba sa katotohanan ang ganitong pagtrato sa Kanya? Kinasusuklanan ba ito ng Diyos? Kung patuloy kong gagawin ang mga bagay na kinasusuklanan ng Diyos, ano ang magiging huling resulta? Aabandonahin at ititiwalag ba ako ng Diyos? Dahil magkakaroon ng mga negatibong kahirinatnan, bakit hindi ako makakilos at makapagsagawa ayon sa mga salita at mga hinihingi ng Diyos?” Pinagninilayan ba nila ang mga usaping ito? (Hindi.) Bakit hindi sila nagninilay-nilay? Dahil wala silang konsensiya at pagkamakatwiran sa kanilang karakter. Wala silang konsensiya, kaya gumagawa sila ng mga gayong

di-makatwiran at katawa-tawang kilos nang hindi nila ito namamalayan. Dahil sa kawalan ng pagkamakatwiran, hindi nila kailanman nauunawaan kung sino sila, o ang posisyon, perspektiba, at katayuan na dapat nilang akuin. Hindi nila kailanman nararamdaman na sila ay ordinaryong tao, tiwaling tao, o kauri at supling ni Satanas na kinasusuklanan ng Diyos. Ang mga bagay na dapat tanggapin ng mga tao ay ang mga salita ng Diyos, mga hinihingi ng Diyos, at ang katotohanang itinatustos ng Diyos sa kanila; hindi nila dapat sinisiyasat ang Diyos na para bang kapantay sila ng Diyos, at nakikipagtawanan at nakikipag-usap sa Diyos na parang nakikipag-ugnayan lang sila sa kapwa tao—hindi ba’t ang mga bagay na ito ang ginagawa ng isang hindi-tao? Sa sandaling ito, nabubunyag ang karakter ng mga anticristo, at ang buktot na disposisyong diwa ng mga anticristo ang nangingibabaw sa kanila, na nagsasanhi na walang kapaguran nilang isagawa ang mga walang saysay at walang kabuluhang kilos na ito na nakakapinsala sa iba at walang pakinabang sa kanilang sarili. Gayumpaman, hindi sila makabitiw; nananatili sila na walang kamalayan sa kamalian ng landas na ito at sa kalikasang nasa likod ng mga kilos na ito. Gaano man karami ang pagsisikap, pagdurusa, at kabiguang sangkot sa usaping ito, wala silang nararamdamang paninisi sa sarili, walang pag-aakusa, at walang pagkakautang. Ipinagpipilitan nilang maging kapantay ang Diyos, sinisiyasat at kinasusuklanan pa nga nila ang Diyos na para bang nakatataas sila, paulit-ulit nilang pinagdududahan at pinaghihinalaan ang Diyos. Gaano man katagal na silang nananampalataya sa Diyos, hindi kailanman nagbago ang saloobin nila sa Diyos at kung paano nila tinatrato ang Diyos. Kung hindi nila pinagdududahan ang Diyos, sinisiyasat nila ang Diyos, at kung hindi nila sinisiyasat ang Diyos, pinaghihinalaan nila ang Diyos. Para silang sinapian ng demonyo o nakulam—ang mga ito ang ilang pagpapamalas ng buktot na diwa ng mga anticristo. Likas na buktot ang mga anticristo; maaaring sabihin ng ilang taong hindi kayang makilatis ang diwa ng mga anticristo, “Puwede bang tigilan mo na ang pagsisiyasat sa Diyos? Puwede bang tigilan mo na ang pagdududa sa Kanya? Puwede bang tigilan mo na ang paghihinala sa Kanya? Kung ititigil mo ang paggawa ng mga bagay na ito, magagawa mong maunawaan ang katotohanan, tratuhin ang Diyos bilang Diyos, magkaroon ng tunay na pananalig sa Diyos, at lehitimong maging isa sa mga tao ng Diyos; magkakaroon ka ng pagkakataon na maging isang nilikhang pasok sa pamantayan, at kung magkakagayon, hindi ba’t magiging karapat-dapat ka na matawag na isa sa hinirang na mga tao ng Diyos? Magiging napakaganda niyon!” Gayumpaman, sumasagot ang mga anticristo, “Hindi ako ganoon kahangal. Ano ba ang pakinabang ng pagiging isang nilikhang pasok sa pamantayan? Nakakabagot iyon. Interessante lamang kapag pinagdududahan, sinisiyasat, at pinaghihinalaan ko ang diyos!” Ang pagpapamalas na ito ng mga anticristo ay katulad ng sinasabi ng malaking pulang dragon: “Ang pakikipaglaban sa ibang tao at sa langit ay isang walang katapusang kasiyahan.” Isa itong tumpak na depinisyon at tunay na sumasalamin sa buktot na kalikasang diwa ng mga anticristo. Sa pagbubuod, lubhang buktot ang mga anticristo, sukdulan ang kabuktutan nila. Mga buktot na tao ang mga nananampalataya sa Diyos

pero tahasan silang tumatangging tanggapin ang katotohanan. Maraming tao ang palaging gustong bigyan ng pagkakataon na magsisi ang mga anticristo, iniisip na magsisisi ang mga ito balang araw—tama ba ang argumentong ito? Tulad ng kasabihan, “Hindi mababago ng tigre ang mga guhit nito” at “Hindi mababago ng isang leopardo ang mga batik nito.” Samakatwid, hindi mo magagamit ang mga pamantayan at pamamaraan sa pakikitungo sa mga tao para harapin ang mga anticristo o humingi sa mga ito. Sadyang ganoon sila. Kung hindi nila sinisiyasat o pinagdududahan ang Diyos, o kung hindi nila pinaghihinalaan ang Diyos, hindi komportable ang pakiramdam nila, dahil pinamamahalaan sila ng buktot nilang kalikasan.

d. Pagiging Mapagbantay

Susunod, magbabahaginan tayo tungkol sa pagiging mapagbantay. May isang pinakanangingibabaw at pinakamalinaw na kaisipan at pananaw ang mga anticristo. Sinasabi nila, “Hindi dapat hayaan ng mga tao na ang diyos ang kumontrol o magkaroon ng kataas-taasang kapangyarihan sa tadhana nila; kung ang diyos ang may kontrol sa tadhana ng isang tao, tapos na siya. Dapat ang mga tao ang may kontrol sa sarili nila para makamit nila ang kaligayahan, at para makakain, makainom, at makapagsaya sila nang hindi nag-aalala. Hindi hinahayaan ng diyos ang mga tao na kumain, uminom, at magsaya, hindi niya pinapayagan ang mga tao na mamuhay nang maayos; pinagdurusa lang niya sa paghihirap ang mga tao. Kaya, dapat nating pamahalaan ang sarili nating kaligayahan; hindi natin puwedeng ipagkatiwala sa diyos ang mga tadhana natin, o pasibong maghintay para sa lahat ng bagay, o hayaan ang diyos na maghanda, at magbigay-liwanag at mag-akay sa atin—hindi tayo puwedeng maging ganoong klase ng tao. Mayroon tayong mga karapatang pantao, at karapatang kumilos nang nagsasarili, at malayang kalooban. Hindi natin kailangang iulat ang lahat sa diyos at humingi ng gabay sa diyos sa lahat ng bagay—magmumukha tayong labis na walang kakayahan; mga hangal lang ang gumagawa niyon!” Ano ang ginagawa nila? (Nagiging mapagbantay laban sa Diyos.) Sinasabi ng ilang tao, “Mag-ingat ka kapag gumagawa ka ng panata sa harap ng diyos; pag-isipan mong mabuti ang mga salita mo. Kapag kumikilos ang tao, nakamasid ang langit!” Nananalangin ang ilan, “O diyos, iniaalay ko ang buong buhay at kabataan ko sa iyo; hindi ako maghahanap ng kasintahan o mag-aasawa.” Pero pagkatapos sabihin ito, pinagsisisihan nila ito, iniisip nila, “Isasakatuparan kaya ng diyos ang mga salita ko? Paano kung kailangan ko talaga ng kasintahan o gusto kong mag-asawa? Parurusahan ba ako ng diyos? Hindi maganda ito!” Mula noon, nalulugmok sila sa depresyon at kawalan ng kagalakan, iniawasan nila ang kabilang kasarian at natatakot sila sa kaparusahan. Ano ang ginagawa nila? (Nagiging mapagbantay laban sa Diyos.) Sinasabi ng isa pang uri ng tao, “Ang paggugol ng sarili para sa diyos ay hindi madali o simple. Kailangan mong magkaroon ng alternatibong plano; kailangan mong maghanda ng daan palabas para sa sarili mo bago ka gumugol para sa diyos. Kung hindi, kapag naubusan ka ng mga mapagkukunan, hindi ka aalagaan ng diyos! Ang paggugol ng sarili

mo para sa diyos ay personal mong usapin; ang pagkakaroon ng kataas-taasang kapangyarihan ng diyos sa lahat ng bagay ay iba pang usapin. May kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay ang diyos—aalagaan ba niya ang isang maliit na taong tulad mo? Inaasikaso lang ng diyos ang malalaking usapin; hindi niya pinapansin ang maliliit na usaping ito. Kaya, kailangan mong planuhin at ihanda ang iyong daan palabas; kung ayaw na sa iyo ng diyos kalaunan at palalayasin ka niya, hindi siya maaawa sa iyo.” Anong klaseng pag-iisip ito? (Pagiging mapagbantay laban sa Diyos.) Sobrang mapagkalkula ang mga tao. Ang ilan, matapos na maging lider, ay nagbabayad ng ilang halaga, at tunay na ginugugol ang sarili nila nang kaunti, pero dahil sa masamang pagkatao nila, kasuklam-suklam na disposisyon, at sa disposisyon ng mga anticristo na taglay nila, nagdudulot sila ng malalaking kawalan sa sambahayan ng Diyos. Dahil dito, pinapalayas sila. Pagkatapos nito, natututo silang umasal nang maayos at nang hindi napapansin, hindi sila nagtatapat sa kahit kanino, sinasabi nila, “Dati, palagi akong nagtatapat sa mga tao, kaya alam ng lahat kung ano talaga ang kalagayan ko, pero pagkatapos ay may nagsumbong sa akin sa sambahayan ng diyos at pinalayas ako. Kaya ngayon, kailangan kong matutong isara ang sarili ko sa iba, ikubli ang aking sarili, at ipagtanggol at protektahan ang sarili ko. Kailangan kong maging maingat sa pagtatapat sa mga tao, at ni hindi nga ako dapat magtatapat sa diyos. Hindi na ako nananampalataya na ang diyos ang katotohanan, na siya ay tapat. Lalong mas wala akong tiwala sa mga kapatid. Walang karapat-dapat sa pagtitiwala ko, kahit ang mga kapamilya o kamag-anak ko, lalo na ang mga naghahangad sa katotohanan.” Ano ang ginagawa nila? (Nagiging mapagbantay sila.) Kapag nakakaranas ang mga anticristo ng pagpupungos, kabiguan, pagkadapa, at pagkakabunyag, pinag-iisipan nila ito, at bumubuo sila ng isang kasabihan: “Huwag kailanman maging intensyon na pinsalain ang iba, ngunit palaging maging mapagbantay laban sa pinsalang maaari nilang gawin sa iyo.” Sa realidad, labis na nilang napinsala ang iba, at sa huli, nagbabalatkayo sila at bumubuo ng ganitong panlilinlang. Pagkatapos ng maraming taon ng pananampalataya sa Diyos at pagdanas ng maraming kabiguan at pagkadapa, gayundin ng pagbubunyag ng Diyos at ng Kanyang pagpupungos, sa karaniwang sitwasyon, ang mga tao ay dapat pagnilayan at kilalanin ang sarili nila mula sa mga aral ng mga kabiguang ito, hanapin ang katotohanan para malutas ang mga problema, at hanapin sa mga salita ng Diyos ang mga dahilan ng mga kabiguan at pagkadapa nila, pati na ang landas ng pagsasagawa na dapat nilang tahakin. Gayumpaman, hindi ito ginagawa ng mga anticristo. Matapos ang maraming pagkadapa at kabiguan, pinalalala nila ang pag-uugali nila, dumarami at mas lumalala ang mga pagdududa nila sa Diyos, mas tumitindi ang pagsisiyasat nila sa Diyos, mas lumalalim ang paghihinala nila sa Diyos, at gayundin, napupuno ng pagiging mapagbantay laban sa Diyos ang puso nila. Ang pagiging mapagbantay nila ay puno ng reklamo, galit, pagsalungat, at indignasyon, at unti-unti pa nga silang nagkakaroon ng pagtanggì, paghusga, at pagkondena sa Diyos. Hindi ba’t lalo silang nalalagay sa panganib? (Oo.)

Batay sa saloobin ng mga anticristo sa Diyos, sa mga kapaligiran at mga tao, mga pangyayari, at mga bagay na inihanda ng Diyos, sa pagbubunyag at pagdidisiplina ng Diyos sa kanila, at iba pa, mayroon ba silang kahit katiting na intensyon na hanapin ang katotohanan? Mayroon ba silang kahit katiting na layunin na magpasakop sa Diyos? Mayroon ba silang kahit katiting na pananalig na ang lahat ng ito ay hindi aksidente kundi nasa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos? Mayroon ba silang ganitong pagkaunawa at kamalayan? Maliwanag na wala. Ang ugat ng pagiging mapagbantay nila ay masasabing nagmumula sa mga pagdududa nila tungkol sa Diyos. Ang ugat ng paghihinala nila sa Diyos ay masasabi ring nagmumula sa mga pagdududa nila tungkol sa Diyos. Dahil sa mga resulta ng pagsisiyasat nila sa Diyos, lalo silang nagiging mapaghinala sa Diyos, at kasabay nito, mas nagiging mapagbantay sila laban sa Diyos. Batay sa iba't ibang kaisipan at pananaw na nabubuo mula sa pag-iisip ng mga anticristo, pati na rin sa iba't ibang pamamaraan at pag-uugali na nabubuo sa pangingibabaw ng mga kaisipan at pananaw na ito, sadyang hindi makatwiran ang mga taong ito; hindi nila kayang maunawaan ang katotohanan, hindi nila kayang magkaroon ng tunay na pananalig sa Diyos, hindi nila kayang lubusang manampalataya at kilalanin ang pag-iral ng Diyos, at hindi nila kayang manampalataya at kilalanin na may kataas-taasang kapangyarihan ang Diyos sa lahat ng nilikha, na may kataas-taasan Siyang kapangyarihan sa lahat ng bagay. Ang lahat ng ito ay bunga ng kanilang buktot na disposisyong diwa.

Disyembre 19, 2020

Ikaanim na Ekskursus

Pagbubuod sa Karakter ng mga Anticristo at sa Kanilang Disposisyong Diwa (Ikatlong Bahagi)

III. Ang Disposisyong Diwa ng mga Anticristo

A. Kabuktutan

2. Kung Ano ang Ginagawa ng mga Anticristo sa Diyos

Sa huling pagtitipon, pangunahin nating pinagbahaginan at ibinuod ang disposisyong diwa ng isang anticristo, pumili tayo ng tatlong katangian mula sa anim na disposisyon ng tiwaling pagkatao para himayin. Ang tatlong katangiang ito ay ang pagiging tutol sa katotohanan, kalupitan, at kabuktutan. Nagbahaginan tayo tungkol sa kabuktutan noong nakaraan, at sa pamamagitan ng paghihimay sa mga buktot na pagpapamalas ng mga anticristo, tulad ng, na ang mga isipan nila ay puno ng kasamaan buong araw—tinukoy natin ang mga anticristo at kinumpirma ang buktot nilang disposisyong diwa sa pamamagitan ng mga pagpapamalas na ito. Hinihimay natin mula sa dalawang aspekto ang katunayan na ang mga isipan nila ay puno ng kasamaan buong araw: una, kung ano ang nasa isipan nila kapag tinatrato nila ang iba, anong mga pamamaraan at pagpapamalas ang ibinubunyag nila sa kanilang tiwaling diwa; pangalawa, kung ano ang nasa mga isipan nila tungkol sa Diyos. Natapos na nating pagbahaginan ang tungkol sa kung paano nila tinatrato ang mga tao. Tungkol naman sa mga ideya, kuru-kuro, pananaw, at mga motibasyon na mayroon ang mga anticristo, at maging ang paunang natukoy na mga kilos sa isipan nila, patungkol sa Diyos, bahagya nating pinagbahaginan ito noong nakaraan: halimbawa, pagdududa, pagsisiyasat, at ano pa? (Paghihinala at pagiging mapagbantay.) Pagdududa, pagsisiyasat, paghihinala, at pagiging mapagbantay. Ngayon, pagbahaginan natin ang tungkol sa pagsubok ng mga anticristo sa Diyos.

e. Pagsubok

Ano ang mga pagpapamalas ng pagsubok? Anong mga pamamaraan o kaisipan ang nagpapamalas ng isang kalagayan o diwa ng pagsubok? (Kung ako ay nakagawa ng pagsalangsang o nakagawa ng masama, palagi kong gustong usisain ang Diyos, manghingi ng malinaw na sagot, at tingnan kung magkakaroon ba ako ng magandang kalalabasan o hantungan.) May kinalaman ito sa mga kaisipan; kaya, sa pangkalahatan, kapag nagsasalita o kumikilos ang isang tao, o kapag humaharap siya sa isang bagay, alin sa mga pagpapamalas niya ang pagsubok? Kung may isang taong nakagawa ng pagsalangsang at pakiramdam niya ay baka maalala o makondena ng Diyos ang pagsalangsang niya, at siya mismo ay hindi sigurado, hindi niya alam kung talagang kokondenahin siya ng Diyos o hindi, nag-iisip siya ng paraan para subukin ito, para makita kung ano talaga ang saloobin ng Diyos. Nagsisimula siya sa pagdarasal, at kung

walang pagtanglaw o kaliwanagan, iniisip niyang ganap na itigil ang dati niyang mga paraan ng paghahangad. Dati, lagi niyang ginagawa ang mga bagay-bagay nang pabasta-basta, gumugugol lang ng 30% ng kanyang pagsisikap kung saan puwede niyang ibigay ang 50%, o 10% kung saan puwede siyang magbigay ng 30%. Ngayon, kung kaya niyang magbigay ng 50% ng kanyang pagsisikap, gagawin niya ito. Inaako niya ang mga marumi o nakakapagod na gawain na iniwasan ng iba, palaging ginagawa ito bago ang iba, at tinitiyak na nakikita ito ng karamihan ng mga kapatid. Ang mas mahalaga, gusto niyang makita kung paano tinitingnan ng Diyos ang usaping ito at kung matutubos ba ang pagsalangsang niya. Kapag nahaharap sa mga kahirapan o mga bagay na hindi mapagtatagumpayan ng karamihan ng mga tao, gusto niyang makita kung ano ang gagawin ng Diyos, kung bibigyan ba siya ng Diyos ng kaliwanagan at paggabay. Kung mararamdaman niya ang presensiya ng Diyos at ang Kanyang espesyal na pagpabor, maniniwala siyang hindi inalala o kinondena ng Diyos ang pagsalangsang niya, na nagpapatunay na mapapatawad ito. Kung gugugulin niya ang sarili niya nang ganito at magbabayad siya ng gayong halaga, kung malaki ang magiging pagbabago sa saloobin niya pero hindi pa rin niya maramdaman ang presensiya ng Diyos, at talagang wala siyang nararamdamang anumang nakikilatis na pagkakaiba mula sa dati, posible na kinondena ng Diyos ang dati niyang pagsalangsang at ayaw na sa kanya ng Diyos. Dahil ayaw na sa kanya ng Diyos, hindi na siya magsusumikap nang gayon sa hinaharap kapag ginagawa niya ang tungkulin niya. Kung gusto pa siya ng Diyos, kung hindi siya kinokondena ng Diyos, at may pag-asa pa siyang makatanggap ng mga pagpapala, magbibigay siya ng kaunting sinseridad sa paggawa ng tungkulin niya. Ang mga pagpapamalas at ideya bang ito ay isang uri ng pagsubok? Isa ba itong partikular na pamamaraan? (Oo.) Kanina, isang teoretikal na aspekto lang ang nabanggit ninyo, pero hindi ninyo partikular na ipinaliwanag ang detalyadong pagpapamalas ng pagsubok sa Diyos at kung anong mga kongkretong pamamaraan at plano ang nasa puso nila tungkol sa usaping ito, o hindi ninyo inilantad kung ano ang mga pananaw at kalagayan ng mga anticristo kapag ginagawa nila ang aktibidad na ito.

Palaging walang anumang kaalaman o karanasan ang ilang tao tungkol sa pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos at sa Kanyang pagsisiyasat sa kaibuturan ng puso ng tao. Wala rin silang tunay na pagkaunawa sa pagsisiyasat ng Diyos sa puso ng tao, kaya natural na puno sila ng pagdududa tungkol sa usaping ito. Bagaman sa mga personal nilang kagustuhan ay gusto nilang maniwala na sinisiyasat ng Diyos ang kaibuturan ng puso ng tao, wala silang tiyak na ebidensiya. Bunga nito, nagpaplano sila ng partikular na mga bagay sa puso nila at kasabay nito ay nagsisimula silang ipatupad at isagawa ang mga ito. Habang isinasakatuparan nila ang mga ito, patuloy silang nagmamasid kung talagang nalalaman ng Diyos ang tungkol sa mga ito, kung malalantad ba ang mga usapin, at kung mananatili silang tahimik, may sinuman bang makakaalam nito, o kung mabubunyag ba ito ng Diyos sa pamamagitan ng isang partikular na kapaligiran. Siyempre, ang mga ordinaryong tao ay maaaring medyo may

kaunting pag-aalinlangan tungkol sa pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos at sa Kanyang pagsisiyasat sa kaibuturan ng puso ng tao, pero hindi lang basta nag-aalinlangan ang mga anticristo—puno sila ng pagdududa, at kasabay nito, ganap silang mapagbantay laban sa Diyos. Kaya, nakabubuo sila ng maraming pamamaraan para subukin ang Diyos. Dahil pinagdududahan nila ang pagsisiyasat ng Diyos sa puso ng tao at, higit pa rito, itinatangi nila ang katotohanan na sinisiyasat ito ng Diyos, madalas nilang pinag-iisipan ang ilang partikular na usapin. Pagkatapos, nang may kaunting takot o di-maipaliwanag na pangamba, palihim nilang ikinakalat ang mga kaisipang ito sa pribado, inililihis ang ilang tao. Samantala, unti-unti nilang patuloy na inilalantad ang mga argumento at ideya nila. Habang inilalantad nila ang mga ito, tinitingnan nila kung pipigilan o ilalantad ng Diyos ang pag-uugali nilang ito. Kung ilalantad o ilalarawan ito ng Diyos, agad silang umuuring, nagbabago ng pamamaraan. Kung mukhang walang nakakaalam tungkol dito, at walang nakakakilatis sa kanila o sa kanilang kalooban, mas lalo silang lubos na nakukumbinsi sa puso nila na tama ang kutob nila, at tama ang kaalaman nila tungkol sa Diyos. Sa pananaw nila, ang pagsisiyasat ng Diyos sa puso ng tao ay halos hindi umiiral. Anong uri ng pamamaraan ito? Ito ang pamamaraan ng pagsubok.

Dahil sa likas nilang buktot na disposisyon, hindi kailanman nagsasalita o kumikilos nang tuwiran ang mga anticristo. Hindi nila pinapangasiwaan ang mga bagay-bagay nang may matapat na saloobin at sinseridad, o hindi sila nagsasalita nang gamit ang mga matapat na salita at hindi sila kumikilos nang may saloobing taos-puso. Walang tuwiran sa sinasabi o ginagawa nila, sa halip, paligoy-ligoy at palihim ang mga ito, at hindi nila kailanman direktang ipinapahayag ang mga iniisip o motibasyon nila. Dahil naniniwala sila na kung ipapahayag nila ang mga ito, lubos silang mauunawaan at makikilatis, malalantad sa liwanag ang mga ambisyon at pagnanais nila, at hindi sila ituturing ng ibang tao bilang mataas o marangal, o hindi sila titingalain at sasambahin ng iba; kaya, palagi nilang sinusubukan na ikubli at itago ang kanilang mga di-marangal na motibo at mga pagnanais. Kaya, paano sila nagsasalita at kumikilos? Gumagamit sila ng iba't ibang paraan. Gaya ng sinasabi ng mga walang pananampalataya, “pinapakiramdamang muna ang sitwasyon,” katulad niyon ang ginagamit na pamamaraan ng mga anticristo. Kapag may gusto silang gawin at may partikular silang pananaw o saloobin, hindi nila ito direktang ipinapahayag kailanman; sa halip, gumagamit sila ng mga partikular na pamamaraan tulad ng di-halata o patanong na pamamaraan o pag-uusisa sa mga tao para makalap ang impormasyong hinahanap nila. Dahil sa buktot nilang disposisyon, hindi kailanman hinahanap ng mga anticristo ang katotohanan, hindi rin nila nais na unawain ito. Ang tanging inaalala nila ay ang sarili nilang kasikatan, kapakinabangan, at katayuan. Gumagawa sila ng mga aktibidad na puwedeng magbigay sa kanila ng kasikatan, kapakinabangan, at katayuan, iniwasan nila ang mga bagay na hindi magdudulot ng ganoong mga bagay. Masigasig silang umaako sa mga aktibidad na may kaugnayan sa reputasyon, katayuan, pamumukod-tangi, at kaluwalhatian, habang iniwasan nila ang mga bagay na nagpoprotekta sa gawain ng iglesia o puwedeng makasakit ng

damdamin ng iba. Samakatwid, hindi hinaharap ng mga anticristo ang anumang bagay nang may saloobin ng paghahanap; sa halip, gumagamit sila ng pamamaraan ng pagsubok para pakiramdaman ang mga bagay, at pagkatapos ay nagpapasya sila kung magpapatuloy ba sila—sadyang ganito katuso at kabuktot ang mga anticristo. Halimbawa, kapag gusto nilang malaman kung anong uri sila ng tao sa mata ng Diyos, hindi nila sinusuri ang sarili nila sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos sa pamamagitan ng pagkilala sa sarili nila. Sa halip, nagtatanong-tanong sila sa paligid at nakikinig sa mga pahayag na may pahiwatig, inoobserbahan ang tono at saloobin ng mga lider at ng ang Itaas, at naghahanap sa mga salita ng Diyos para makita kung paano tinutukoy ng Diyos ang mga kalalabasan ng mga taong tulad nila. Ginagamit nila ang mga landas at pamamaraang ito para makita kung saan sila nabibilang sa loob ng sambahayan ng Diyos at malaman kung ano ang kalalabasan nila sa hinaharap. Hindi ba't may sangkot dito na kaunting kalikasan ng pagsubok? Halimbawa, pagkatapos mapungusan ang ilang tao, sa halip na suriin kung bakit sila napungusan, suriin ang mga tiwaling disposisyon at pagkakamaling ibinunyag nila sa mga kilos nila, at kung anong mga aspekto ng katotohanan ang dapat nilang hanapin para makilala ang sarili nila at maitama ang mga dati nilang pagkakamali, nagbibigay sila sa iba ng maling impresyon, gumagamit sila ng hindi direktang paraan para malaman ang tunay na saloobin ng ang Itaas patungkol sa kanila. Halimbawa, pagkatapos nilang mapungusan, mabilis silang nagbabanggit ng isang maliit na isyu na ikokonsulta nila sa ang Itaas, para malaman kung anong uri ng tono mayroon ang ang Itaas, kung pasensyoso ba ang ang Itaas, kung ang mga tanong ba na ikinokonsulta nila ay sasagutin nang seryoso, kung magiging malumanay ba ang saloobin ng ang Itaas sa kanila, kung pagkakatiwalaan ba sila ng ang Itaas ng mga gampanin, kung pahahalagahan pa rin ba sila ng ang Itaas, at kung ano ba talaga ang iniisip ng ang Itaas tungkol sa mga nagawa nilang pagkakamali dati. Ang lahat ng pamamaraang ito ay isang uri ng pagsubok. Sa madaling salita, kapag nahaharap sila sa mga gayong sitwasyon at nagpapakita ng mga pagpapamalas na ito, alam ba ng mga tao sa puso nila? (Oo, alam nila.) Kaya, kapag alam ninyo ito at gusto ninyong gawin ang mga bagay na ito, paano ninyo pinangangasiwaan ito? Una, sa pinakasimpleng antas, kaya mo bang maghimagsik laban sa sarili mo? Nahihirapan ang ilang tao na maghimagsik laban sa sarili nila kapag dumating na ang oras; pinag-iisipan nila ito, "Hindi bale na, ngayon ay may kinalaman ito sa mga pagpapala at kalalabasan ko. Hindi ko kayang maghimagsik laban sa sarili ko. Sa susunod na lang." Kapag dumating ang susunod na pagkakataon, at muli silang nahaharap sa isang isyu na sangkot ang kanilang mga pagpapala at kalalabasan, natutuklasan nila na hindi pa rin nila kayang maghimagsik laban sa sarili nila. May konsensiya ang mga gayong indibidwal, at bagaman wala silang disposisyong diwa ng isang anticristo, medyo nagdudulot pa rin ito ng problema at mapanganib para sa kanila. Sa kabilang banda, madalas na iniisip ng mga anticristo ang mga ganitong kaisipan at namumuhay sila sa gayong kalagayan, pero hindi sila kailanman naghihimagsik laban sa sarili nila, dahil

wala silang pakiramdam ng konsensiya. Kahit na may isang taong nagsisiwalat o nagpupungos sa kanila, na tumutukoy sa kalagayan nila, nagpapatuloy pa rin sila at talagang hindi sila naghihimagsik laban sa sarili nila, ni hindi nila kinamumuhian ang sarili nila dahil dito o hindi nila binibitiwan o nilulutas ang ganitong kalagayan. Pagkatapos matanggal ang ilang anticristo, iniisip nila, “Mukhang normal lang naman na matanggal, pero medyo nakakahiya ito. Bagaman hindi ito isang malaking usapin, may isang pinakamahalagang bagay na hindi ko kayang bitiwang. Kung natanggal ako, ibig sabihin ba niyon na hindi na ako lilinangin ng sambahayan ng diyos? Kung gayon, magiging anong klaseng tao ako sa mata ng diyos? Magkakaroon pa ba ako ng pag-asa? Magkakaroon pa ba ako ng silbi sa sambahayan ng diyos?” Pinag-iisipan nila ito at nakakabuo sila ng plano, “Mayroon akong sampung libong yuan, at ngayon na ang oras para gamitin ito. Ihahandog ko itong sampung libong yuan bilang handog, at titingnan ko kung makapagbabago nang kaunti ang saloobin ng ang itaas sa akin, at kung mapapaboran nila ako nang kaunti. Kung tatanggapin ng sambahayan ng diyos ang pera, ibig sabihin ay may pag-asa pa ako. Kung tatanggihan nito ang pera, pinatutunayan nito na wala na akong pag-asa, at bubuo ako ng ibang mga plano.” Anong uri ng pamamaraan ito? Pagsubok ito. Sa madaling salita, ang pagsubok ay isang medyo halatang pagpapamalas ng buktot na disposisyong diwa. Gumagamit ang mga tao ng iba’t ibang paraan para makuha ang impormasyong nais nila, magtamo sila ng katiyakan, at pagkatapos ay magkaroon ng payapang isipan. Mayroong iba’t ibang paraan ng pagsubok, tulad ng paggamit ng mga salita para mag-usisa ng impormasyon mula sa Diyos, paggamit ng mga bagay para subukin Siya, pag-iisip at pagmumuni-muni ng mga bagay-bagay sa isipan nila. Ano ang pinakakaraniwang paraan ng pagsubok ninyo sa Diyos? (Minsan, kapag nananalangin ako sa Diyos, sinusuri ko ang saloobin ng Diyos sa akin at tinitingnan ko kung mayroon akong kapayapaan sa puso ko. Ginagamit ko ang pamamaraang ito para subukin ang Diyos.) Karaniwang ginagamit ang pamamaraang ito. Ang isa pang paraan ay ang tingnan kung may anumang masasabi ang isang tao sa panahon ng pagbabahaginan sa pagtitipon, kung nagbibigay ang Diyos ng kaliwanagan o pagtanglaw, at ginagamit ito para subukin kung kasama pa ba nila ang Diyos, kung mahal pa rin ba sila ng Diyos. Gayundin, habang ginagawa ang tungkulin nila, tinitingnan nila kung binibigyan sila ng Diyos ng kaliwanagan o gabay, kung mayroon silang anumang espesyal na mga kaisipan, ideya, o kabatiran—ginagamit nila ang mga ito para subukin kung anong uri ng saloobin mayroon ang Diyos sa kanila. Ang lahat ng pamamaraang ito ay medyo karaniwan. Mayroon pa bang iba? (Kung gumawa ako ng panata sa Diyos sa panalangin pero hindi ko ito natupad, inoobserbahan ko kung tatratuhin ba ako ng Diyos batay sa panatang ginawa ko.) Isang uri din ito. Anuman ang pamamaraang ginagamit ng mga tao para tratuhin ang Diyos, kung nakokonsensiya sila tungkol dito, at pagkatapos ay magkakaroon sila ng kaalaman tungkol sa mga kilos at disposisyong ito at kayang agad baguhin ang mga ito, kung gayon, hindi ganoon kalaki ang problema—isa itong normal na tiwaling disposisyon.

Gayumpaman, kung kaya ng isang tao na patuloy at matigas na gawin ito, kahit na alam nilang mali ito at kinasusuklanan ng Diyos, pero ipinagpapatuloy pa rin nila ito, hindi kailanman naghihimagsik laban dito o isinusuko ito, ito ang diwa ng isang anticristo. Ang disposisyong diwa ng isang anticristo ay naiiba sa mga ordinaryong tao, dahil hindi nila kailanman pinagninilayan ang sarili nila o hinahanap ang katotohanan, pero patuloy at matigas silang gumagamit ng iba't ibang pamamaraan para subukin ang Diyos, ang Kanyang saloobin sa mga tao, ang Kanyang kongklusyon tungkol sa isang indibidwal, at kung ano ang Kanyang mga iniisip at ideya tungkol sa nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap ng isang tao. Hindi nila kailanman hinahanap ang mga layunin ng Diyos, ang katotohanan, at lalong hindi ang paano magpasakop sa katotohanan para magkamit ng pagbabago sa disposisyon nila. Ang layon sa likod ng lahat ng kilos nila ay ang alamin ang mga iniisip at ideya ng Diyos—isa itong anticristo. Malinaw na buktot ang disposisyon na ito ng mga anticristo. Kapag ginagawa nila ang mga kilos na ito at ipinapakita nila ang mga pagpapamalas na ito, walang bakas ng pagkakonsensiya o pagsisisi. Kahit na inuugnay nila ang sarili nila sa mga bagay na ito, hindi sila nagpapakita ng pagsisisi o ng intensyong huminto, bagkus ay nagpapatuloy pa rin sila sa mga gawi nila. Sa kanilang pagtrato sa Diyos, sa kanilang saloobin, sa kanilang pamamaraan, maliwanag na itinuturing nila ang Diyos bilang kalaban nila. Sa mga iniisip at pananaw nila, walang ideya o saloobin ng pagkilala sa Diyos, pagmamahal sa Diyos, pagpapasakop sa Diyos, o pagkatakot sa Diyos; basta gusto lang nilang makuha ang impormasyong nais nila mula sa Diyos at gamitin ang sarili nilang mga pamamaraan at diskarte para matiyak ang tumpak na saloobin ng Diyos sa kanila at ang Kanyang depinisyon sa kanila. Ang mas malubha pa rito, kahit na inaayon nila ang sarili nilang mga pamamaraan sa mga salita ng Diyos ng paglalantad, kahit na mayroon silang pinakakatiting na kamalayan na kinasusuklanan ng Diyos ang pag-uugaling ito at hindi ito ang dapat gawin ng isang tao, hinding-hindi nila ito isusuko.

Noong nakaraan, mayroong isang regulasyon sa sambahayan ng Diyos: Tungkol sa mga pinatalsik o inalis, kung nagpamalas sila ng tunay na pagsisisi pagkatapos niyon, at nagpatuloy sila sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos, pangangaral ng ebanghelyo, at pagpapatotoo sa Diyos, nang tunay na nagsisisi, puwede silang tanggapin muli sa iglesia. May isang tao noon na natugunan ang mga pamantayang ito matapos siyang paalisin, at nagpadala ang iglesia ng isang tao para hanapin siya, makipagbahaginan sa kanya, at sabihin sa kanya na tinanggap na siyang muli sa iglesia. Nang marinig ito, natuwa siya nang husto, pero napaisip siya, “Sinsero ba ang pagtanggap na ito, o mayroong ibang ideya sa likod nito? Nakita ba talaga ng diyos ang pagsisisi ko? Talaga bang naawa siya sa akin at pinatawad na niya ako? Talaga bang isinantabi na ang mga ginawa ko dati?” Hindi niya ito pinaniwalaan, at naisip niya, “Kahit na gusto nila akong tanggapin muli, dapat akong magpigil at hindi agad-agad na sumang-ayon. Hindi ako dapat umakto na parang labis akong nagdusa at naging sobrang kaawa-awa sa mga nakaraang taong ito matapos akong patalsikin. Kailangan kong magtimpi nang kaunti at

huwag kaagad magtanong, pagkabalik na pagkabalik ko, kung saan ako puwedeng makibahagi sa buhay iglesia o anong mga tungkulin ang puwede kong gawin. Hindi puwedeng magmukha akong masyadong sabik na sabik. Kahit na labis akong masaya sa loob-loob ko, kailangan kong manatiling kalmado at tingnan kung talagang tunay na gusto ng sambahayan ng diyos na bumalik ako o kung hindi lang ito nagiging sinsero para magamit ako nito sa ilang gampanin.” Sa isiping ito, sinabi niya, “Sa panahon matapos akong mapatalsik, nagnilay-nilay ako at napagtanto kong napakalaki ng mga pagkakamaling nagawa ko. Napakalaki ng mga pinsalang idinulot ko sa mga interes ng sambahayan ng diyos, at hindi ako kailanman makakabawi sa mga ito. Isa talaga akong diyablo at isang Satanas na isinumpa ng diyos. Gayumpaman, hindi pa rin kompleto ang pagninilay-nilay ko sa sarili. Dahil gusto akong pabalikin ng sambahayan ng diyos, kailangan na higit pa akong kumain at uminom ng mga salita ng diyos at mas pagnilayan at kilalanin pa ang sarili ko. Sa kasalukuyan, hindi pa ako karapat-dapat na bumalik sa sambahayan ng diyos, hindi ako karapat-dapat na gawin ang tungkulin ko sa sambahayan ng diyos, hindi karapat-dapat na makipagkita sa mga kapatid ko, at talagang labis akong nahihiya na humarap sa diyos. Babalik lang ako sa iglesia kapag naramdaman kong sapat na ang kaalaman at pagninilay-nilay ko sa sarili, para magpatibay sa akin ang lahat.” Habang sinasabi niya ito, kinakabahan din siya, iniisip niya, “Nagkukunwari lang ako sa sinasabi ko. Paano kung sumang-ayon ang mga lider na huwag na akong tanggapin muli sa iglesia? Hindi ba’t magiging katapusan ko na?” Sa realidad, lubos siyang nababalisa, pero kailangan pa rin niyang magsalita sa ganitong paraan at magkunwari na hindi siya masyadong sabik na bumalik sa iglesia. Ano ang ibig niyang sabihin sa pagsasabi ng mga bagay na ito? (Sinusubukan niya kung talagang tatanggapin siyang muli ng iglesia.) Kinakailangan pa ba ito? Hindi ba’t isa itong bagay na ginagawa ng mga Satanas at diyablo? Kikilos ba nang ganito ang isang normal na tao? (Hindi, hindi siya kikilos nang ganito.) Hindi kikilos nang ganito ang isang normal na tao. Sa harap ng gayong napakagandang pagkakataon, ang magawa niya ang gayong hakbang ay buktot. Ang muling matanggap sa iglesia ay isang pagpapahayag ng pagmamahal at awa ng Diyos, at dapat niyang pagnilayan at kilalanin ang sarili niyang katiwalian at mga pagkukulang, maghanap siya ng mga paraan para makabawi sa mga dati niyang pagkakautang. Kung kaya pa ring subukin ng isang tao ang Diyos sa ganitong paraan at tratuhin ang awa ng Diyos sa ganitong paraan, talagang bigo silang pahalagahan ang Kanyang kabaitan! Na nagkakaroon ng mga gayong ideya at pamamaraan ang mga tao ay bunga ng buktot nilang diwa. Sa diwa, kapag sinusubok ng mga tao ang Diyos, ang mga ipinapamalas at ibinubunyag nila sa teorya ay palaging nauugnay sa pagsubok sa mga kaisipan ng Diyos gayundin sa Kanyang mga pananaw at depinisyon sa mga tao, bukod sa iba pang bagay. Kung hinahanap ng mga tao ang katotohanan, maghihimagsik sila laban sa mga gayong pagsasagawa at bibitiwan nila ang mga iyon, kikilos at aasal sila nang ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Gayumpaman, bukod sa hindi mabitiwan ng mga indibidwal na may disposisyong diwa ng isang anticristo ang mga gayong pagsasagawa

at hindi nila kinamumuhian ang mga iyon, madalas pa nilang pinahahalagahan ang sarili nila sa pagkakaroon ng mga gayong diskarte at pamamaraan. Puwedeng iniisip nila, “Tingnan ninyo kung gaano ako kautak. Hindi ako katulad ninyong mga hangal na ang alam lang ay magpasakop at sumunod sa diyos at sa katotohanan—hindi ninyo talaga ako katulad! Sinusubukan kong gumamit ng mga diskarte at pamamaraan para malaman ang mga bagay na ito. Kahit na kailangan kong magpasakop at sumunod, aalamin ko pa rin ang totoo. Huwag ninyong isipin na may maitatago kayo mula sa akin o na malilinlang at maloloko ninyo ako.” Ito ang iniisip at pananaw nila. Hinding-hindi nagpapakita ang mga anticristo ng pagpapasakop, takot, o sinseridad, at lalo na ng anumang katapatan sa kanilang pagtrato sa Diyos na nagkatawang-tao. Ito ang pagtatapos ng talakayan natin tungkol sa mga pagpapamalas na may kinalaman sa pagsubok.

f. Paghingi

Ang susunod na aytem ay na may mga hinihingi sa Diyos ang mga anticristo, at may mas partikular na mga pagpapamalas nito. Mailalarawan ang mga anticristo sa pamamagitan ng sinasabi ng mga walang pananampalataya na “huwag kumilos kung walang gantimpala.” Ano pa? (“Hindi nila pinakakawalan ang lawin hangga’t hindi nila nakikita ang kuneho.”) Hindi nila pinakakawalan ang lawin hangga’t hindi nila nakikita ang kuneho—kung may pakinabang, susunggaban nila ito, pero kung walang pakinabang, hindi nila ito susunggaban. Anuman ang sitwasyon, kailangan nila itong timbangin sa isipan nila, iniisip nila, “Gaano kalaki ang benepisyong makakamit ko mula sa paggawa nito? Gaano karaming pakinabang ang makakamtan ko? Sulit ba ang pagbabayad ng napakataas na halaga para dito? Kung magbabayad ako ng malaking halaga pero iba ang makikinabang sa huli, at hindi ako makakapagpakitang-gilas, hinding-hindi ko ito gagawin!” Hindi ba’t ito ang saloobin ng mga anticristo sa atas at mga hinihingi ng Diyos? Kung pagsisikapan nila nang kaunti ang paggampan ng mga tungkulin nila, pero wala silang nakakamit na anumang pakinabang, at nagtitiis sila ng kaunting paghihirap nang walang natatanggap na biyaya, agad silang may reaksiyon sa loob-loob nila, sinasabi nila, “Nagsikap ako nang husto—bakit wala akong nakamit na anumang pakinabang? Kumikita ba ang negosyo ng pamilya ko o hindi?” Kung magkakalkula sila at makikita nila na mas malaki ang kita nila kaysa noong nakaraang buwan, nagpapatuloy sila sa paglabas at sa pangangaral ng ebanghelyo, hindi sila natatakot sa kabila ng mga panganib. Pero kapag may problema sa negosyo ng pamilya, at kapansin-pansing mas mababa ang kita nila kaysa noong nakaraang buwan, agad silang nagrereklamo at nagdududa sa Diyos sa puso nila, iniisip nila, “O diyos, ginawa ko ang tungkulin ko nang hindi nagiging tamad o tuso, ni hindi ko ito ginawa nang pabasta-basta. Nitong buwan, mas marami ang nilakbay ko at mas marami akong ginawang trabaho kaysa noong nakaraang buwan. Bakit hindi mo pinagpapala ang pamilya ko? Bakit hindi maganda ang takbo ng negosyo ng pamilya ko?” Agad na nagbabago ang saloobin nila sa Diyos at sa atas ng Diyos, at iniisip nila, “Kung hindi mo pagpapalain ang pamilya ko, huwag

mo akong sisihin na ginagawa ko nang pabasta-basta ang tungkulin ko. Sa susunod na buwan, hindi ako magsisikap nang tulad ng dati. Kung kailangan kong gumising ng alas-singko, babangon ako ng alas-sais. Kung kailangan kong umalis ng alas-otso, aalis ako ng alas-diyes. Dati, kaya kong mapabalik-loob ang limang tatanggap ng ebanghelyo sa loob ng isang buwan; sa pagkakataong ito, magpapabalik-loob lang ako ng dalawa. Sapat na dapat iyon!” Ano ang kinakalkula nila? Ito ay kung ang ipinupuhunan at iniaambag nila ay katumbas ba ng ibinibigay ng Diyos sa kanila. Higit pa rito, itinuturing lang nilang praktikal at sulit ang pagdurusa at pagbabayad ng halaga kung labis-labis pa sa hinihingi at ninanais nila ang ibinibigay ng Diyos sa kanila. Kung hindi, anuman ang gampanin o tungkuling itinalaga sa kanila ng sambahayan ng Diyos, pareho lang ang pagtrato nila sa lahat ng ito—kumikilos sila nang pabasta-basta, binabara-bara nila ang gawain kapag may pagkakataon, iniraraos lang nila ang gawain kapag may pagkakataon, at hindi sila kailanman nag-aalay ng kahit kaunting sinseridad. Kapwa paghingi at pakikipagkasundo ang pagpapamalas na ito; humihingi lang ang mga tao kapag may gagawing kasunduan, at kung walang kasunduan, wala silang hinihingi.

Hindi kailanman nagkimkim ang mga anticristo ng kahit katiting na sinseridad o katapatan sa puso nila patungkol sa atas ng Diyos, sa gawain ng sambahayan ng Diyos, o sa sarili nilang mga tungkulin. Ginagamit lang nila ang sarili nilang talino, enerhiya, oras, at ang pisikal nilang pagdurusa at ang halagang binabayad nila bilang kapalit ng pagtugon sa mga pagnanais nila sa mga pagpapala, sa mga gantimpalang gusto nilang matanggap, at, siyempre, para sa kapayapaan at kagalakan ng laman, panloob na katatagan, kaligayahan ng pamilya sa buhay na ito, at maging ang kaluwagan sa kapaligiran nila, kasama na ang pagpapahalaga, paghanga, at positibong pagtatasa ng ibang tao. Sa madaling salita, hindi kailanman taos-pusong ginagawa ng mga anticristo ang mga tungkulin nila sa sambahayan ng Diyos, at hindin-hindi sila mag-aalay ng kahit kaunting katapatan. Nagtitiis man sa mga paghihirap at nagbabayad ng halaga o pabasta-basta lang nakakaraos, ang hingin mula sa Diyos ang gusto nila para matugunan ang sarili nilang mga pagnanais ang pinakalayon nila. Kaya, sa tuwing nakakaranas sila ng paghihirap, pagpupungos, o mga tao, pangyayari, at bagay na hindi nila nagugustuhan, agad nilang iniisip, “Nakakaapekto ba sa mga interes ko ang pagdating ng mga bagay na ito? Maapektuhan ba ng mga ito ang reputasyon ko? Maiimpluwensiyahan ba ng mga ito ang mga kinabukasan at pag-unlad ko sa hinaharap?” Positibo o negatibo man ang mga pagpapamalas nila sa panahon ng paggawa ng mga tungkulin nila, ano’t anuman, hindi sila kailanman kumikilos nang ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Puno ng mga transaksyon ang isipan nila, sinusuri nila ang halaga ng binabayad at hinahandog nila tulad ng isang negosyante, tinatantiya kung gaano kalaki ang kikitain nila mula sa ginagastos nila. Puwedeng sinasabi ng ilan, “Nananampalataya kami sa Diyos para makamit ang katotohanan at buhay, para makamtan ang kaligtasan.” Gayumpaman, iniisip ng mga anticristo, “Magkano ba ang halaga ng kaligtasan? Paano naman ang pagkaunawa sa katotohanan? Walang halaga

ang mga bagay na ito. Ang tunay na mahalaga ay ang tumanggap nang isang daang beses sa buhay na ito at ng walang-hanggang buhay sa mundong darating. Sa buhay na ito, ang tingalain at pahalagahan ng iba, ang dakilain sa sambahayan ng diyos, at sa mundong darating, ang pagkakaroon ng awtoridad sa di-mabilang na mga bansa—tunay na malaking pakinabang ito.” Ito ang ambisyon ng mga anticristo, isang kalkulasyong ginagawa nila sa kaibuturan ng puso nila sa likod ng paggampan nila ng tungkulin. Puno ng mga transaksyon at mga hinihingi ang kalkulasyong ito. Ang kaunti nilang “sinseridad” sa tungkulin nila at sa Diyos ay para lang matiyak na pagkakalooban sila ng Diyos ng buhay na walang hanggan, na poprotektahan sila ng Diyos mula sa sakuna, bibigyan sila ng mga pagpapala at biyaya, at tutugunan ang lahat ng pagnanais nila. Kaya, puno ng iba’t ibang hinihingi sa Diyos ang puso ng mga anticristo, na kolektibong tinatawag na paghingi. Bukod sa pag-ayaw sa katotohanan, ninanais ng mga anticristo ang lahat ng iba pang bagay—kapwa materyal at hindi materyal na mga bagay.

May ilang anticristo na minsang nag-ambag ng maliit sa mga kapatid o sa iglesia. Halimbawa, puwedeng umako sila noon ng ilang mapanganib na gampanin sa iglesia o nagpatuloy sa bahay nila ng mga kapatid na hindi makauwi. Dahil dito, at sa medyo matagal na nilang pananalig sa Diyos, itinuturing sila ng karamihan ng tao bilang mga indibidwal na may merito at kalipikado. Kasabay nito, nakararamdam din sila mismo ng pagiging mas higit at nakalalamang. Umaasa sila sa pagiging matagal na nila at ipinagyayabang nila ito, sinasabi nila, “Napakatagal ko nang nananampalataya sa diyos at may mga naiambag na ako sa sambahayan ng diyos. Hindi ba’t dapat akong bigyan ng espesyal na pagtrato ng diyos? Halimbawa, isang pagpapala ang pagpunta sa ibang bansa na tinatamasa ng mga tao. Kung isasaalang-alang ang senyoridad ng mga tao, hindi ba’t dapat ako ang priyoridad? Dahil nag-ambag ako sa sambahayan ng diyos, dapat akong bigyan ng priyoridad at espesyal na pangangalaga, at hindi ako dapat husgahan batay sa mga prinsipyo.” May ilang tao pa nga na nakulong, at nang makalabas sila at mawalan ng tahanan, nararamdaman nilang dapat silang bigyan ng espesyal na pangangalaga ng sambahayan ng Diyos: Halimbawa, dapat itong maglaan ng kaunting pera para tulungan silang makabili ng bahay, dapat nitong akuin ang responsabilidad para sa kabuhayan nila sa habambuhay nila, o dapat na tugunan ang lahat ng materyal na pangangailangang ilalatag nila. Kung may pangangailangan sila, dapat bigyan sila ng kotse ng sambahayan ng Diyos. Kung may problema sila sa kalusugan, dapat bilhan sila ng mga health supplement ng sambahayan ng Diyos. Hindi ba’t umaasa sila batay sa kanilang pagiging matagal na at hindi ba’t ipinagmamalaki nila ang mga kalipikasyon nila? Naniniwala ang mga indibidwal na ito na nakapag-ambag sila, kaya walang kahihiyan at lantaran silang humihingi sa Diyos. Humihingi sila ng mga sasakyan, bahay, at ng isang marangyang pamumuhay. Hinihiling pa nga nila sa mga kapatid na pangasiwaan ang mga bagay at asikasuhin ang mga bagay para sa kanila nang libre, nagiging mga alila o alipin nila ang mga ito. Hindi ba’t naging palamunin na sila ng iglesia? Ang totoo, para sa sarili mong kapakanan ang pananalig mo sa Diyos,

at nakulong ka para din sa sarili mong kapakanan. Responsabilidad mo ang anumang tungkuling ginagawa mo. Kapag ginagawa mo ang tungkulin mo at nakakamit mo ang katotohanan, para ito sa sarili mong kapakanan. Boluntaryo ang pananampalataya mo sa Diyos, walang pumipilit sa iyo. Para sa sarili mong kapakanan ang pagkamit ng buhay, hindi ito para sa iba. Kahit na umako ka ng ilang mapanganib na gampanin para sa sambahayan ng Diyos o sa iglesia, maituturing ba iyong merito? Hindi ito merito; ito ang dapat mong gawin. Pagtataas ito sa iyo ng Diyos at pagbibigay Niya sa iyo ng isang pagkakataon; isa itong pagpapala mula sa Diyos. Hindi ito para gamitin mong kapital para maging palamunin ng iglesia. Kaya, mga anticristo ba ang mga taong ito? Sa partikular, hindi kayang makipagbahaginan ng mga taong ito sa anumang katotohanang realidad, at kapag kasama nila ang mga kapatid na mas bago sa pananampalataya at mas bata, nagbabahagi lang sila tungkol sa mga dati nilang karanasan at ipinagmamalaki nila ang mga kalipikasyon nila; wala silang anumang naibabahagi o kaalaman tungkol sa mahahalagang karanasan sa buhay. Hindi sila nakapagpapatibay sa iba, bagkus ay nagmamalaki sila at umaaktong mas mataas sa iba. Hindi nila magawang umako ng anumang makabuluhang gawain sa sambahayan ng Diyos, ni hindi rin nila magawa nang maayos ang anumang mga totoong tungkulin. Gayumpaman, nagiging palamunin pa rin sila ng iglesia at inuunat ang mga kamay nila para humingi sa Diyos. Hindi ba't wala itong kahihiyan? Kung pag-uusapan natin ang mga kalipikasyon, hindi ba't mas kalipikado Ako kaysa sa inyo? Niyabangan Ko ba kayo? Humingi ba Ako ng anuman sa inyo? (Hindi.) Kung gayon, bakit nagagawa ng mga anticristo ang mga gayong bagay? Dahil wala silang kahihiyan. Kapag tinatanggap nila ang mga tungkulin nila, puno ng mga transaksyon ang isipan nila. Kapag ginagawa nila ang kanilang mga tungkulin, wala silang tamang pananaw at hindi nila ito itinuturing bilang tungkulin o obligasyon nila, isang bagay na dapat gawin ng isang nilikha. Bagaman maaaring gumagawa sila ng ilang tungkulin, nagtitiis ng ilang pagdurusa, at nagbabayad ng halaga, ano ang iniisip nila sa puso nila? "Walang ibang makagagawa ng gampaning ito. Kung gagawin ko ito, magiging sikat ako sa sambahayan ng diyos, pahahalagahan ako saan man ako pumunta, at magiging kalipikado akong tamasahin ang mga pinakamagandang bagay sa lahat ng lugar. Magiging bigating tao ako sa sambahayan ng diyos, mapapasaakin ang kahit anong gusto ko, at walang sinuman ang mangangahas na magsabi ng kahit ano dahil may mga kalipikasyon ako!" Batay sa karakter nila, imposibleng tratuhin ng mga anticristo ang Diyos, ang atas Niya, o ang gawain ng sambahayan ng Diyos nang may kahit kaunting sinseridad o kahandaan. Kahit na sa panlabas ay mukha silang handa at kaya nilang magtiis ng pagdurusa at magbayad ng halaga, pagkatapos na pagkatapos nito, handa na silang iunat ang mga kamay nila para humingi at humiling ng mga gantimpala mula sa Diyos, sinusubukan nilang maging palamunin ng iglesia at magsamantala sa lahat ng lugar. Kaya, batay sa mga pamamaraan nila, pinakaangkop na tukuyin bilang buktot ang anticristong disposisyong diwa nila. Ang mga kinikimkim nilang kaisipan at pananaw tungkol sa mga tungkulin nila at sa atas

ng Diyos ay buktot, hindi naaayon sa katotohanan, at tiyak na hindi naaayon sa pamantayan ng konsensiya.

Sa anumang tungkuling ginagawa nila, sinusunod ng mga anticristo ang sarili nilang mga kagustuhan, hinahanap nila ang personal na kasikatan at katayuan. Hindi nila kailanman hinahanap ang katotohanan o pinagninilay-nilayan ang sarili nila. Sa harap ng anumang mga paglihis o isyu na lumalabas sa gawain nila, ang saloobin nila ay hindi ang maghanap o tumanggap sa katotohanan. Sa halip, palagi nilang sinisikap na ikubli ang mga katunayan, pinananatili ang reputasyon at labis na kapalaluan nila, at nagpapakitang-gilas sa lahat ng aspekto, para makuha ang paghanga ng mga tao. Sa madaling salita, ang mga puso nila ay puno ng kabuktutan, ng pilosopiya ni Satanas at ng mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao, nang walang anumang naaayon sa katotohanan. Hindi kailanman hinahanap ng mga anticristo ang katotohanan sa anumang tungkuling ginagawa nila, at hindi nila kailanman intensiyon na magpasakop sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos. Palagi nilang sinusunod ang sarili nilang paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay, at kumikilos sila ayon sa sarili nilang mga kagustuhan. Anuman ang kasalukuyan nilang gampanin, kinakalkula nila sa puso nila kung paano sila makikinabang. Tinitimbang lang nila kung anong mga tungkulin ang gagawin na makapagbibigay sa kanila ng kasikatan, pakinabang at katayuan, pagpapahalaga ng ibang tao, at kaunting karangalan. Kapag ginawa na nila ang mga tungkulin nila, inaasahan nilang maitatala sa aklat-talaan ng Diyos ang mga nakamtan nila, itinatala sa isip nila ang mga ito at tinitiyak na maayos na naitatala ang bawat ambag at na walang nakakaligtaan. Naniniwala sila na kapag mas maraming gawain ang ginagawa nila at kapag mas malaki ang mga ambag nila, mas malaki ang pag-asa nilang makapasok sa kaharian at makatanggap ng mga gantimpala at mga korona. Ganitong-ganito ang mga saloobin at pananaw na kinikimkim ng mga anticristo sa mga tungkulin nila. Puno ng mga transaksyon at mga hinihingi ang mga isipan nila—hindi ba't ibinubunyag nito ang kalikasang diwa nila? Bakit puno ng mga transaksyon at mga hinihingi sa Diyos ang mga isipan nila? Dahil buktot ang disposisyong diwa nila—totoong-totoo ito. Makikita ito sa mga ideya at pananaw na kinikimkim ng mga anticristo sa mga tungkulin nila—ganap nitong pinatutunayan na buktot ang disposisyong diwa nila. Gaano karaming katotohanan man ang napagbabahaginan o gaano man naisisiwalat at nahihimay ang mga tiwaling disposisyon ng mga tao, hindi nagpapakita ng anumang kaalaman sa disposisyong diwa nila ang mga anticristo. Hindi lamang sila tumatanggi na tanggapin ang katotohanan, nagkakaroon din sila ng hinanakit sa puso nila. Kapag nararamdaman nilang nawawasak ang mga pag-asa nilang makatanggap ng mga pagpapala at gantimpala, naniniwala silang nandaraya ang Diyos, iniisip nila na ang pagsisiwalat at paghihimay ng Diyos ay sinasadyang pagtatangka na ipagkait ang mga gantimpala, na nagiging sanhi para gugulin ng mga tao ang sarili nila nang walang saysay para sa Diyos nang walang nakakamit sa huli. Bukod sa walang positibong pag-arok sa gawain ng Diyos at sa katotohanan ang puso nila, nakakabuo pa nga sila ng

mga kuru-kuro at maling pagkaunawa, na nagpapatindi ng paglaban nila sa Diyos. Samakatwid, kapag mas nahihimay ang satanikong disposisyon at diwa ng tiwaling sangkatauhan, at habang mas nasisiwalat ang mga pakana, motibasyon, at pakay ni Satanas, mas nagiging tutol ang mga anticristo sa katotohanan at mas nagkikimkim sila ng pagkamuhi rito. Bakit ito nangyayari? Naniniwala sila na habang mas napagbabahaginan ang katotohanan, mas lumalabo ang pag-asa nilang makatanggap ng mga pagpapala. Habang mas napagbabahaginan ang katotohanan, mas nararamdaman nilang hindi posible ang landas ng pakikipagpalit ng pagdurusang at pagbabayad ng halaga para sa mga gantimpala at korona, kaya iniisip nilang wala na silang pag-asa na makatanggap ng mga pagpapala. Habang mas napagbabahaginan ang katotohanan sa ganitong paraan at kapag mas nangyayari ang ganitong uri ng pagsisiwalat, mas nawawalan ng interes ang mga anticristo sa pananalig nila sa Diyos. Dahil nakikita nila na walang binanggit ang Diyos tungkol sa kung gaano kalaking pagdurusang at pagbabayad ng halaga ang puwedeng makapagbigay sa kanila ng katumbas na gantimpala, at na wala siyang sinabi tungkol sa pagpasok sa kaharian ng langit nang batay lang sa pagsisikap, nararamdaman nilang tila natapos na ang landas nila ng pakikipagtransaksiyon sa Diyos. Nararamdaman nila sa kaibuturan nila na sila mismo ang mga taong determinado ang Diyos na parusahan, nakararanas sila ng nakakabagabag na takot at pakiramdam na malapit na ang katapusan nila, na tila parating na sa kanila ang katapusan ng mga araw. Ano ang nararamdaman ninyo pagkatapos makinig sa mga magkakasunod na sermong naglalandad sa mga anticristo? Nakikita Ko na nakayuko kayo; medyo pinanghihiinaan ba kayo ng loob? Napagtanto ba ninyo na tinatahak ninyo ang landas ng mga anticristo? Puno rin ba ang isipan ninyo ng mga buktot na ideyang ito ng pakikipagtawaran sa Diyos? May kamalayan na ba kayo ngayon? Kaya ba ninyong ituwid agad ang mga bagay-bagay? (Iniisip ko rin na kailangan kong ituwid agad ang mga bagay-bagay; hindi ako puwedeng patuloy na mamuhay nang may mga anticristong disposisyong ito.) Bagaman lahat kayo ay mayroong mga disposisyon ng mga anticristo at ng layuning makipagtawaran sa Diyos at makatanggap ng mga pagpapala, hindi pa kayo mga anticristo. Kaya, dapat ninyong agad na hanapin ang katotohanan para sa resolusyon, hilahin ang inyong sarili mula sa bingit ng kapahamakan, at tumahak sa landas ng paghahangad sa katotohanan. Sa gayon, hindi ba't nalutas na ang problema? Isang problemang madaling lutasin ang pagkakaroon ng disposisyon ng mga anticristo at pagtahak sa landas nila. Hangga't kaya mong tanggapin ang katotohanan, pagnilayan ang sarili mo, kilalanin ang tiwaling disposisyon sa loob mo, unawain ang diwa ng problema ng paghahangad sa kasikatan, pakinabang, at katayuan, at pagkatapos ay talikuran ang maling paraang ito ng paghahangad, bitiwang ang maling pananaw ng pananalig sa Diyos, iwaksi ang layunin sa pagtanggap ng mga pagpapala, at manampalataya lang sa Diyos alang-alang sa paghahangad sa katotohanan at para sa layunin na maging isang bagong tao, at hangarin lang na maging isang taong nagpapasakop sa Diyos, at sambahin lang ang Diyos, nang hindi iniidolo o sinusunod ang mga tao, pagkatapos ay unti-unting magiging

normal ang kalagayan mo. Hahakbang ka sa landas ng paghahangad sa katotohanan—walang duda rito. Ang dapat katakutan ay kung hindi mo tinatanggap ang katotohanan, kung tutol ka sa katotohanan, at kung nananatili pa ring matigas ang ulo mo at hindi ka nagsisisi kahit kailan kahit alam mong mali ang pakikipagtawaran sa Diyos at gayundin ang paghahangad sa kasikatan, pakinabang, at katayuan. Sa gayong sitwasyon, taglay mo ang kalikasang diwa ng isang anticristo at dapat kang itiwag. Kung gagawa ka ng maraming kasamaan, mahaharap ka sa kaparusahan.

Ang pagkakaiba ng mga anticristo at ng mga ordinaryong tiwaling tao ay nakasalalay sa katunayang hindi lamang pansamantala o paminsan-minsang pagpapamalas para sa mga anticristo ang paghahangad ng kasikatan, pakinabang, katayuan, at mga pagpapala, at ang mga pakikipagtransaksiyon sa Diyos—namumuhay sila sa mga bagay na ito. Isang landas lang ang pinipili nila, ito ang landas ng mga anticristo, namumuhay ayon sa kalikasan ng mga anticristo at mga satanikong pilosopiya. Ang mga ordinaryong tiwaling tao ay puwedeng makapili ng isa pang landas at tumahak sa landas ng paghahangad sa katotohanan, pero ayaw ng mga anticristo sa katotohanan at wala silang ganitong pangangailangan. Puno ng mga satanikong pilosopiya ang kalikasan nila, at hindi tama ang pipiliin nila. Hindi kailanman tatanggapin ng mga anticristo ang katotohanan; ipipilit nila ang mga kamalian nila hanggang sa huli, hindi sila kailanman magbabago ng landas o magsisisi. Alam nilang puno sila ng mga pakikipagtransaksiyon sa Diyos, sinusubok at kinakalaban Siya sa bawat pagkakataon. Gayumpaman, may mga dahilan sila, at iniisip nila, “Ano ang mali rito? Hindi kahiya-hiya ang humingi sa diyos ng ilang materyal na pagpapala at magpakasasa sa ilang pakinabang ng katayuan. Hindi ako pumatay o nagsunog, ni hindi ko lantarang nilabanan ang diyos. Oo, nagtatatag ako ng nagsasariling kaharian at kumilos ako nang medyo arbitraryo, pero wala akong pininsala o sinaktan na sinuman, ni hindi ko naapektuhan o hindi ako nagdulot ng mga kawalan sa gawain ng sambahayan ng diyos.” Hindi ba’t hindi na ito matutubos? Gaano man makipagbahaginan ang sambahayan ng Diyos tungkol sa katotohanan o gaano man sila isiwalat o pungusan nito, tumatanggi silang aminin ang mga pagkakamali nila—hindi na ito matutubos. Ito ang diwa ng mga anticristo. Kung sasabihin mong masama o buktot sila, wala silang pakialam, at ipipilit pa rin nila ang kasamaan at kabuktutan nila. Ipinapakita nito na matigas na hindi nagsisisi ang mga anticristo. Makikipagbahaginan ka pa ba ng tungkol sa katotohanan sa mga gayong tao? Ni hindi nila alam kung alin ang mga positibo at alin ang mga negatibong bagay; ano pa ang masasabi mo sa kanila? Wala na. Puno ng buktot na disposisyong diwa ang mga anticristo, at namumuhay sila sa loob ng disposisyong ito. Likas sa kalikasan nila ang pagsubok sa Diyos at pakikipagtransaksiyon sa Kanya, at walang makakapagbabago sa kanila—nananatili silang hindi nagbabago sa bawat sitwasyon. Bakit hindi sila nagbabago? Hindi sila nagbabago dahil kahit gaano pa karaming katotohanan ang ibinahagi sa kanila, kahit gaano pa kadalang intindihin at lubos na nakakapaglantad ang mga salita, hindi nila alam ang totoong isyu. Hindi nila kayang maunawaan ang

katotohanan at hindi nila alam kung ano ang katotohanan at ano ang mga negatibong bagay; iyon ang dahilan.

Nakikipagtransaksiyon ang mga anticristo sa Diyos at may mga hinihingi sila sa Kanya sa iba't ibang usapin. Siyempre, may mga hinihingi sila para sa napakaraming bagay—nahahawakan at hindi nahahawakan, materyal at hindi materyal, kasalukuyan at sa hinaharap. Hangga't kaya nilang isipin ito, hangga't naniniwala silang karapat-dapat sila rito, at hangga't isa itong bagay na ninanais nila, hindi sila nahihiyang humingi sa Diyos, umaasang ipagkakaloob Niya ito sa kanila. Halimbawa, kapag gumagampan sila ng isang partikular na tungkulin, para mamukod-tangi at maging napakagaling, para magkaroon ng pagkakataong maging sentro ng atensiyon at makuha ang ninanais nilang katayuan kasama ang pagpapahalaga ng mas maraming tao, umaasa sila na bibigyan sila ng Diyos ng ilang espesyal na abilidad. Nananalangin sila sa Kanya, sinasabi nila, "O diyos, handa akong tapat na gampanan ang tungkulin ko. Pagkatapos kong tanggapin ang tungkuling ito mula sa iyo, araw-araw kong iniisip kung paano ito magagampanan nang maayos. Handa akong ilaan ang habambuhay kong lakas para dito, ialay ko sa iyo ang kabataan ko at ang lahat ng mayroon ako; handa akong magtiis ng hirap para dito. Pakiusap, pagkalooban mo ako ng mga salitang sasabihin, pagkalooban mo ako ng talino at karunungan, at hayaan mong mapabuti ko ang mga propesyonal kong kasanayan at abilidad habang ginagampanan ko ang tungkuling ito." Pagkatapos ipahayag ang katapatan nila at ilahad ang pananaw nila, agad na hinihiling ng mga anticristo sa Diyos ang mga bagay na ito. Bagaman hindi nahahawakan ang mga bagay na ito, at naniniwala ang mga tao na makatwiran na hilingin sa Diyos ang mga ito, hindi ba't isa itong uri ng pakikipagtransaksiyon at paghingi? (Oo.) Ano ang pokus ng transaksyong ito? Ano ang diwa na hinihimay natin? Walang kahit anong sinseridad ang mga anticristo para sa mga tungkuling ipinagkakatiwala ng Diyos sa kanila, ni wala silang intensiyong maging tapat sa usaping ito. Bago gawin ito, umiikot na sa isipan nila kung paano nila masusunggaban ang pagkakataong ito para ipakita ang mga talento nila at magkamit ng kasikatan sa mga tao, sa halip na gamitin ang pagkakataong ito para magampanan nila nang maayos ang kanilang tungkulin at para mahanap ang mga katotohanang dapat nilang maunawaan at ang mga prinsipyong dapat nilang hanapin sa paggampan nito. Kaya, kapag lumalapit ang mga anticristo sa Diyos para manalangin, una nilang hinihingi at hinihiling ang mga bagay na kapaki-pakinabang sa reputasyon at katayuan nila, tulad ng katalinuhan, karunungan, mga natatanging pananaw, mga namumukod-tanging kasanayan, pagkabukas ng espirituwal na mata nila, at iba pa. Gusto nila ang mga bagay na ito hindi para maunawaan ang katotohanan o para ialay ang sinseridad nila at gampanan nang maayos ang mga tungkulin nila. Malinaw na puno ng mga pakikipagtransaksiyon at hinihingi ang mga kahilingang ito, pero pakiramdam pa rin nila na may katwiran sila. Pagdating sa ganitong uri ng panalangin at sa mga ganitong uri ng pakikipagtransaksiyon ng mga tao, kahit pa nagdurusa at nagbabayad ng halaga ang mga tao sa paggampan ng tungkulin nila, at

kahit pa gumugugol sila ng kaunting oras at lakas, tatanggapin ba ito ng Diyos? Sa perspektiba ng Diyos, hinding-hindi Niya tatanggapin ang gayong paggampan sa tungkulin ng isang tao, dahil walang sinseridad, walang katapatan, at tiyak na walang tunay na pagpapasakop sa kaibuturan ng mga gayong tao. Batay sa aspektong ito, ang katayuan at kasikatan at ang pagpapahalaga at paghanga ng iba ang personal nilang nais na hangarin, pero sa panahon ng paggampan nila ng mga tungkulin nila, walang naging pag-unlad sa buhay pagpasok nila o sa disposisyonal na pagbabago nila.

Kapag nangyayari sa kanila ang mga bagay-bagay, agad na nagsisimulang magpakana, magkalkula, at magplano ang mga anticristo sa puso nila. Para silang mga accountant, na nakikipagtransaksiyon sa Diyos sa lahat ng bagay, marami silang gusto at marami silang hinihingi sa Diyos. Sa madaling salita, hindi makatwiran sa mga mata ng Diyos ang lahat ng hinihinging ito; hindi ang mga ito ang nilalayong ibigay ng Diyos sa mga tao, ni hindi ang mga ito ang dapat na matanggap ng mga tao, dahil hindi nagbibigay ang mga bagay na ito ng kahit kaunting pakinabang sa paghahangad ng mga tao sa disposisyonal na pagbabago o sa pagkamit ng kaligtasan. Kahit na, sa panahon ng paggampan ng mga tungkulin mo, binibigyan ka ng kaunting liwanag ng Diyos o ng ilang bagong ideya tungkol sa propesyon mo, hindi ito para tugunan ang mga pagnanais mo na humingi sa Diyos, lalong hindi ito para maging mas popular o maging mas tanyag ka sa mga tao. Matapos matanggap ang gayong pagtanglaw at kaliwanagan mula sa Diyos, ginagamit ang mga ito ng isang normal na tao sa tungkulin niya, ginagampanan ang tungkulin niya nang mas mabuti, at inaarok niya nang mas tumpak ang mga prinsipyo, at unti-unting personal na nararanasan kung paano niya natatanggap ang maraming kaliwanagan, pagtanglaw, at biyaya mula sa Diyos habang ginagampanan ang mga tungkulin niya—ang Diyos ang may gawa ng lahat ng ito. Habang mas marami siyang nararanasan, mas nararamdaman niyang dakila ang ginagawa ng Diyos, at mas napagtatanto niyang wala siyang dapat ipagmalaki, na biyaya at paggabay ng Diyos ang lahat ng ito. Isa itong bagay na nararamdaman at namamalayan ng isang normal na tao. Gayumpaman, iba ang mga anticristo, at gaano man karami ang kaliwanagan at pagtanglaw na ipinagkakaloob sa kanila ng Diyos, iniisip nila na dahil sa kanila ang lahat ng ito. Isang araw, kapag itinala nila ang mga ambag nila at lumapit sila sa Diyos para humingi ng mga gantimpala, kapag nakipagkuwentahan sila sa Diyos, binabawi ng Diyos ang kaliwanagan at pagtanglaw Niya, at nabubunyag ang mga anticristo. Dati, ang lahat ng kaya nilang gawin ay dahil sa gawain ng Banal na Espiritu at sa paggabay ng Diyos. Wala silang pagkakaiba sa ibang tao: Kung wala ang kaliwanagan at pagtanglaw ng Diyos, nawawala ang mga kaloob, katalinuhan, karunungan, magandang ideya, at mabuting kaisipan nila—nawawalan sila ng silbi at nagiging hangal sila. Kapag nahaharap ang mga anticristo sa mga gayong bagay at umaabot sila sa ganitong punto, hindi pa rin nila napapansin na mali ang landas nila, at hindi nila namamalayan na nakikipagtransaksiyon sila sa Diyos at hindi makatwiran na humihingi sa Kanya. Iniisip pa rin nila na mahusay sila at may kakayahan sa anumang bagay, nararapat na tingalain, hangaan, respetuhin,

suportahan, at purihin ng iba. Kung hindi nila natatanggap ang mga bagay na ito, nakikita nilang walang pag-asa ang sitwasyon at kumikilos sila nang mas walang ingat, napupuno sila ng hinanakit laban sa Diyos at sa mga kapatid. Sinusumpa at inirereklamo nila ang Diyos sa puso nila, sinasabing hindi matuwid ang Diyos, sinusumpa ang mga kapatid dahil sa kawalan ng mga ito ng konsensiya at dahil sa pagtatakwil sa kanila pagkatapos silang gamitin, at inaakusahan pa nga nila ang sambahayan ng Diyos na sinusubukan sila nitong paalisin pagkatapos silang gamitin nito. Ano ito? Isang taong walang kahihyan! Hindi ba't ganito ang lahat ng anticristo? Hindi ba't madalas silang nagsasabi ng mga gayong bagay? Sinasabi nila, "Noong kapaki-pakinabang ako at nasa isang mahalagang posisyon, pinalilibutan ako ng lahat. Ngayong wala na ako sa mahalagang posisyon, wala nang pumapansin sa akin, minamaliit ako ng lahat, at lahat kayo ay pinakikitaan ako ng masamang ugali kapag kinakausap ninyo ako." Saan nagmumula ang mga salitang ito? Hindi ba't nakaugat ang mga ito sa buktot na disposisyon ng mga anticristo? Ang buktot nilang disposisyon ay puno ng pakikipagtransaksiyon sa mga tao at sa Diyos, ng paghingi sa Diyos at sa mga tao, para bang sinasabi nila, "Inaasikaso ko ang mga bagay para sa inyo, ginugugol ko ang sarili ko, nagbabayad ako ng halaga, at nag-aalala ako para sa inyo, kaya dapat ninyo akong lapitan nang may pagrespeto at kausapin nang magalang. May katayuan man ako o wala, dapat ninyong alalahanin ang lahat ng nagawa ko, isaisip ninyo ako magpakailanman, at huwag akong kakalimutan kailanman—ang paglimot sa akin ay nangangahulugang wala kayong konsensiya. Sa tuwing kumakain kayo ng masasarap na pagkain o gumagamit ng magagandang bagay, dapat isipin ninyo ako, at ako dapat lagi ang prioridad." Hindi ba't madalas na naglalalatag ng mga gayong hinihingi ang mga anticristo? (Oo.) May mga taong nagsasabi, "Sino ang nag-imprenta ng mga aklat ng mga salita ng diyos na binabasa ninyo? Sino ang nag-abot ng mga ito sa mga kamay mo? Kung hindi dahil sa pagsuong ko sa mga panganib na maaresto, makulong o mahatulan ng kamatayan, mababasa ba ninyo ang mga aklat na ito? Kung hindi dahil sa pagtitiis ko ng hirap at pagbabayad ng halaga para diligan kayo, magkakaroon ba kayo ng buhay iglesia? Kung hindi dahil sa pagtitiis ko ng pagdurusa at pagbabayad ng halaga para ipangaral ang ebanghelyo, makakamit ba ng iglesia ang gayon karaming tao? Kung hindi dahil sa buong araw kong pakikipagbahaginan sa inyo sa mga salita ng diyos, magkakaroon ba kayo ng gayon kalaking pananalig? Kung hindi dahil sa pagpapakaabala ko para magbigay ng lohistikal na suporta sa inyo, magagawa ba ninyo nang matiwasay ang mga tungkulin ninyo ngayon? Kung hindi dahil sa pangunguna ko, uunlad kaya ang gawain ng iglesia nang tulad ng sa ngayon?" Nakatagpo na ba kayo ng mga ganitong tao? Sa pakikinig sa mga salita nila, para bang kung wala sila, hindi makakausad ang gawain ng sambahayan ng Diyos, at titigil sa pag-ikot ang mundo. Hindi ba't ito ang mentalidad ng mga anticristo? Ano ang layunin nila sa pagsigaw ng mga salitang ito? Sinasabi ba nilang sila ang dapat na purihin para sa mga bagay-bagay o naghihinagpis at nagrereklamo sila? Naniniwala sila na hindi na sila kailangan ng sambahayan ng Diyos ngayon, na pinabayaan na sila ng mga kapatid, na hindi patas

ang sambahayan ng Diyos sa mga tao, na hindi sila tinutustusan, nirerespeto, o hinahayaang tumanda roon ng sambahayan ng Diyos. Hindi ba't may elemento rin ng pang-aalipusta sa pagsigaw nila? Inaalipusta nila ang iba, sinasabing walang konsensiya ang mga ito. Anong serbisyo ba talaga ang ibinigay ng mga anticristo? Nakakagulo at nakakagambala ang lahat ng ginagawa nila, at nakakalihis ang lahat ng sinasabi nila. Wala silang pagkatao; mga diyablo sila. Bakit sila dapat gamitan ng konsensiya ng sinuman? Kapaki-pakinabang ba ang paggawa nito? (Hindi.) Bakit hindi ito kapaki-pakinabang? Mauunawaan ba ng isang tao ang katotohanan sa pamamagitan ng pagsunod sa kanila? (Hindi.) Ano ang nakakamit ng lahat ng sumasamba at sumusunod sa mga anticristo? Kasama ang mga anticristong ito, ipinagkakanulo nilang lahat ang Diyos at inaakay sila ng mga ito papunta sa impiyerno. Ano ang tingin ng mga anticristo sa sarili nila? (Nakikita nila ang sarili nila bilang Diyos.) Walang kahihiyan ang ganitong pag-iisip. Dapat magkaroon ng konsensiya sa Diyos ang mga tao, pero hindi kailanman hinihingi ng Diyos na gawin iyon ng mga tao; hinihingi lang Niya na unawain ng mga tao ang katotohanan, na magawa nilang isagawa ang katotohanan at matamo ang kaligtasan, at maging mga nilikhang pasok sa pamantayan. Kahit kailan ba ay hiniling Ko sa inyo na isipin Ako at maglaan ng kaunti para sa Akin kapag kumakain kayo ng masarap na pagkain, o na isipin ninyo Ako kapag nasa magandang lugar kayo? Kapag kumakain kayo nang maayos, namumuhay nang maayos, at masaya, kahit kailan ba ay nainggit Ako? Kahit kailan ba ay sinabi Ko na wala kayong konsensiya? Pero kayang sabihin ng mga anticristo ang mga gayong bagay at kaya nilang isumpa ang mga tao dahil sa kawalan ng konsensiya ng mga ito—hindi ba't wala itong kahihiyan? Kapag tinatanggal ng sambahayan ng Diyos ang mga anticristo, kapag hindi na nasasabik ang mga kapatid sa kanila nang tulad ng dati, kaya nilang magsabi ng mga gayong bagay, umiiyak tungkol sa mga hinanakit nila, at sinusumpa ang mga tao at ang Diyos. Lumalabas sa bibig nila ang lahat ng uri ng bagay, at ganap na nalalantad ang malademonyong kalikasan nila. Ang mga ito ang iba't ibang pagpapamalas na ibinubunyag ng buktot na disposisyon ng mga anticristo. Dahil puno ang puso nila ng mga pakikipagtransaksiyon sa Diyos, humahantong ito sa paghingi at paghiling ng kung anu-ano sa Kanya. Kapag naitataas ang ranggo ng mga anticristo o kapag natatanggal sila, kapag inilalagay sila ng sambahayan ng Diyos sa isang mahalagang posisyon o hindi, tumutukoy sa buktot nilang diwa ang lahat ng iba't ibang pagpapamalas na lumalabas mula sa kanila—ganap itong totoo.

g. Pagkakaila, Pagkondena, Panghuhusga, at Paglapastangan

Sunod, magbahaginan tayo tungkol sa mga termino ng pagkakaila, pagkondena, panghuhusga, at paglapastangan. Dahil puno ng mga pagdududa tungkol sa Diyos, walang ipinakitang interes ang mga anticristo sa anumang katotohanang ipinahayag ng Diyos. Puno ng pagtutol at pagkamuhi ang puso nila, at hindi nila kailanman kinikilala na si Cristo ang katotohanan, lalong hindi sila nagpapakita ng anumang pagpapasakop.

Dahil madalas nilang pinagdududahan at pinaghihinalaan ang Diyos sa puso nila, madalas silang bumubuo ng mga kuru-kuro at iba't ibang ideya tungkol sa mga kilos ng Diyos, nagsusuri sila palagi at nang di-namamalaman, iniisip nila, "Talaga bang umiiral ang diyos? Ano ang ibig niyang sabihin sa sinasabi niya? Kung susuriin ang mga ito mula sa mga pananaw ng kaalaman at doktrina, paano dapat unawain ang mga salitang ito? Ano ang ibig sabihin ng diyos sa pagsasabi ng mga bagay na ito? Ano ang ibig niyang sabihin sa paggamit ng terminong ito? Kanino niya ito sinasabi?" Nagsasaliksik sila nang nagsasaliksik, at matapos ang maraming taon ng gayong pag-iimbestiga, hindi pa rin nila makita ang pinakamahalagang katotohanan sa mga salitang ipinapahayag ng Diyos at sa gawaing ginagawa Niya: na ang Diyos ang katotohanan, ang buhay, at ang daan—hindi nila maunawaan o makita ito. Kapag sinasabi ng mga tao na lahat ng salita ng Diyos ay ang katotohanan, nagninilay-nilay ang mga anticristo at iniisip nila, "Lahat ng salita niya ay ang katotohanan? Hindi ba't mga ordinaryong salita lang ang mga ito? Mga pangkaraniwang pahayag lang? Walang malalim tungkol sa mga ito." Kapag tinitingnan nila ang gawain ng Diyos, iniisip nila, "Hindi ko nakikita ang awra ng diyos mula sa ginagawa niya sa iglesia o sa mga taong hinirang niya. Sinasabi nilang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ang diyos, pero hindi ko ito nakikita. Kahit gumamit ako ng magnifying glass o ng teleskopyong pang-astronomiya, hindi ko makita ang anyo ng diyos, at kahit paano ako tumingin, hindi ko matuklasan ang mga gawa niya. Kaya, sa ngayon ay hindi ko kayang kumpirmahin nang 100% kung talagang umiiral ang diyos. Pero kung sasabihin kong hindi umiiral ang diyos, narinig ko ang tungkol sa pag-iral ng ilang kakatwa at paranormal na bagay sa mundo; kaya kung gayon, dapat na umiiral ang diyos. Pero ano ba ang aktuwal na hitsura ng diyos? Paano kumikilos ang diyos? Hindi ko alam. Ang pinakasimpleng paraan ay ang tingnan kung ano ang ginagawa at sinasabi ng diyos sa mga sumusunod sa kanya." Sa pamamagitan ng pagmamaisip, nakikita nila na madalas na pinupungusan ng sambahayan ng Diyos ang mga tao, madalas nitong iniaangat at tinatanggal ang mga tao, at madalas na nakikipagbahaginan, nakikipagtalakayan, nakikipag-usap, at iba pa sa mga tao tungkol sa iba't ibang tungkulin at tungkol sa gawaing kaugnay ng iba't ibang propesyon. Iniisip nila, "Hindi ba't lahat ito ay mga bagay na ginagawa ng mga tao? Walang sobrenatural sa mga ito; napakanormal ng lahat ng ito, at hindi ko makita o maramdaman kung paano gumagawa ang espiritu ng diyos. Kung hindi ko ito maramdaman, hindi ba't masasabi na hindi umiiral ang gawain ng banal na espiritu? Hindi ba't imahinasyon lang ang lahat ng ito sa kamalayan at isipan ng mga tao? Kung hindi umiiral ang gawain ng banal na espiritu, umiiral ba talaga ang espiritu ng diyos? Mukhang kuwestiyonable rin iyon. Kung hindi umiiral ang espiritu ng diyos, umiiral ba talaga ang diyos? Mahirap sabihin." Pagkatapos ng limang taon ng karanasan, hindi pa rin nila ito nakukumpirma, at pagkatapos ng sampu o kahit pa labinlimang taon ng karanasan, hindi pa rin nila kaya. Anong uri ng mga tao ang mga ito? Nabunyag na sila—sila ay mga hindi mananampalataya. Patambay-tambay lang sa sambahayan ng Diyos ang mga hindi

mananampalatayang ito, sumasabay lang sa agos. Kung nangangaral ng ebanghelyo ang iba, ginagawa rin nila ito; kung gumagawa ng mga tungkulin ang iba, gayon din ang ginagawa nila. Kung nagkaroon sila ng pagkakataong maiangat, iniisip nilang puwede silang “magkaroon ng opisyal na posisyon” sa sambahayan ng Diyos, at alang-alang sa katayuan, kaya nilang gumugol ng kaunting pagsisikap. Kasabay nito, kaya rin nilang walang pakundangang gumawa ng mga maling gawa, na nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan; kung sila ay mga ordinaryong miyembro ng iglesia na walang anumang katayuan, makakahanap sila ng mga paraan para i-shortcut ang gawain, gumagawa ng ilang gawain para magpakitang-tao. Ito ang ibig sabihin ng patambay-tambay. Bakit Ko sinasabing “patambay-tambay”? Sa puso nila, nagkikimkim sila ng mga pagdududa at pagkakaila sa Diyos, nagpapanatili ng saloobin ng pagkakaila sa pag-iral at diwa ng Diyos, na nagbubunsod sa kanila na gawin ang mga tungkulin nila sa sambahayan ng Diyos nang may pag-aatubili. Hindi sila nakakaarok at palagi nilang iniisip, “Ano ang silbi ng paggawa ng tungkulin ko at pagsunod sa diyos sa ganitong paraan? Hindi ako kumikita ng pera sa isang trabaho o namumuhay nang normal. Inaalay pa ng ilang kabataan ang buong buhay nila sa paggugol ng sarili nila para sa diyos, pero ano ang makakamit nila? Kaya, magmamasid muna ako. Kung talagang matutuklasan ko ang katunayan tungkol sa mga bagay-bagay at makikita ko ang pag-asa ng pagtanggap ng mga pagpapala, hindi mawawalan ng saysay ang pagsisikap at paggugol ng sarili ko. Kung hindi ko matatanggap ang tumpak na mga salita ng diyos o matutuklasan ang katunayan tungkol sa mga bagay-bagay, kung gayon ay hindi kawalan ang pagiging patambay-tambay. Dahil kung tutuusin, hindi ako mapapagod, at hindi masyadong marami ang ibibigay ko.” Hindi ba’t pagiging patambay-tambay lang ito? Hindi bukal sa loob nila ang anumang ginagawa nila, hindi nila kayang magpatuloy o maging mahusay sa anumang bagay, at hindi nila kayang tunay na magbayad ng halaga. Ito ang ibig sabihin ng magpatambay-tambay. Kahit na patambay-tambay sila, ang isipan nila ay hindi tumitigil sa pag-iisip—napakaabala nito. Puno sila ng mga kuru-kuro at ideya tungkol sa maraming bagay na ginagawa ng Diyos, at para sa maraming bagay na hindi umaayon sa sarili nilang mga kuru-kuro, sinusuri nila ang mga ito sa puso nila gamit ang kaalaman, mga batas, moralidad ng lipunan, tradisyonal na kultura, at iba pa. Sa kabila ng lahat ng pagsusuri nila, hindi lang sila nabibigong makita ang katotohanan sa pamamagitan ng pagsusuri nila o paghahanap ng mga prinsipyo ng pagsasagawa sa katotohanan, sa halip ay nauuwi pa sila sa pagbubuo ng lahat ng uri ng pagkondena, panghuhusga at maging paglapastangan laban sa Diyos at sa Kanyang gawain. Ano ang unang hinuhusgahan ng mga anticristo? Sinasabi nila, “Ang gawain ng sambahayan ng diyos ay pawang pinagpapasyahan ng mga tao; lahat ito ay ginagawa ng mga tao. Hindi ko nakikita ang diyos na gumagawa o ang banal na espiritu na umaakay at gumagabay, o kung ano pa man.” Hindi ba’t ito ang pahayag ng mga hindi mananampalataya? Ang pagsasabi na ginawa ng mga tao ang lahat ng bagay ay nagbubunyag ng maraming isyu. Halimbawa, kung maghahalal at maglilinig ang sambahayan ng Diyos ng isang taong

hindi nila gusto, ayaw sumuko ng puso nila. Kaya ba ng mga anticristo na tunay na magpasakop? (Hindi.) Kaya, ano ang gagawin nila? Susubukan nilang isabotahe ito. Kung mabibigo silang isabotahe ito, at walang kapatid na nakikinig o sumusuporta sa kanila, sisimulan nila itong kondenahin, sinasabi nila, “Ang sambahayan ng diyos ay hindi patas at walang mga prinsipyo sa pakikitungo nito sa mga tao. Maraming maliliksing kabayo, pero walang nakakakilala sa mga ito.” Ano ang ibig sabihin nito? Ipinahihiwatig nito na maliliksing kabayo ang mga ito, pero sa kasamaang palad, walang nakakakilala sa mga ito sa sambahayan ng Diyos. Matapos kondenahin ang usaping ito na ginawa ng sambahayan ng Diyos na hindi umaayon sa mga kuru-kuro nila, magsisimula silang magpakalat ng mga bagay-bagay tulad ng walang batayang mga tsismis, kuru-kuro, at pagkanegatibo. Siyempre, magiging malupit ang lahat ng salita nila. Baka sabihin pa ng ilan, “Ang mga taong ito ay edukado, may hitsura, elegante ang pananamit, at mula sa lungsod; kami ay mga probinsyano, may kaunti kaming talento pero hindi namin kayang ipahayag ang sarili namin, o hindi namin kayang makipag-usap sa ang itaas—hindi madali para sa amin na maiangat. Ang mga naiaangat sa sambahayan ng diyos ay pawang magaling magsalita, mahusay sa pambobola, at may mga diskarte. Sa kabilang banda, hindi ako magaling o mahusay magsalita, at walang silbi ang pagkakaroon lang ng mga panloob na talento. Kaya, sa sambahayan ng diyos, ang kasabihang ‘Maraming maliliksing kabayo, pero iilan lang ang nakakakilala sa mga ito’ ay totoo tulad sa mundo.” Ano ang ibig sabihin ng pahayag na ito? Hindi ba’t panghuhusga ito? Hinuhusgahan nila ang gawain ng sambahayan ng Diyos at palihim nilang ipinapakalat ang mga panghuhusga nila. Sa kanilang pamamaraan sa Diyos, sa Kanyang gawain, sa Kanyang mga pahayag, sa Kanyang mga salita, sa Kanyang disposisyon, at sa Kanyang iba’t ibang paraan ng paggawa, gumagamit ang mga anticristo ng kaalaman at pilosopiya para suriin, saliksikin, at pangatwiranan ang mga ito. Sa huli, nakakabuo sila ng isang maling kongklusyon. Samakatwid, hindi nila kailanman seryosong tinatanggap, inaarok, o pinagninilay-nilayan sa puso nila ang anumang salita na sinabi ng Diyos. Sa halip, itinuturing lang nila ang mga salita ng Diyos bilang isang uri ng teorya o isang uri ng mga salita na magandang pakinggan. Kapag lumilitaw ang mga usapin, hindi nila ginagamit ang mga salita ng Diyos bilang pundasyon at prinsipyo sa kung paano nila tinitingnan, tinutukoy, at sinusukat ang bawat usapin. Sa halip, ginagamit nila ang mga perspektiba ng tao at ang pilosopiya at mga teorya ni Satanas para husgahan ang mga usaping ito. Ang mga kongklusyong nabubuo nila ay na walang umaayon sa sarili nilang mga kuru-kuro, at na hindi nila gusto ang bawat salita na ipinapahayag ng Diyos at ang bawat kilos na ginagawa Niya. Sa huli, mula sa perspektiba ng mga anticristo, ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay kinokondena.

Palaging nagnanais ang ilang anticristo na humawak ng kapangyarihan sa sambahayan ng Diyos, pero wala silang kakayahan at mga espesyal na kasanayan, kaya hindi naiwasan na sa huli ay nauuwi sila sa paggawa ng di-mahahalagang gampanin sa sambahayan ng Diyos, tulad ng paglilinis, pamamahagi ng mga aytem, at iba pang

simple, kinaugaliang mga gampanin. Sa madaling salita, ang mga ganitong tao ay tiyak na hindi puwedeng maging mga lider ng iglesia, mangangaral, o mga katulad nito. Gayumpaman, hindi sila nasisiyahan sa pagiging mga ordinaryong tagasunod o sa paggawa ng itinuturing nilang pangkaraniwang gawain, dahil puno sila ng ambisyon. Paano naipapamalas ang pagiging puno ng ambisyon? Gusto nilang mag-usisa, magtanong, mag-alam, at lalong gusto nilang makialam sa bawat malaki o maliit na usapin sa sambahayan ng Diyos. Kung may ilang gawaing nangangailangan ng pagtatrabaho nila, palagi silang nag-uusisa, “Kumusta na ang pag-iimprenta ng mga aklat para sa ating sambahayan ng diyos? Kumusta ang pagpili ng direktor ng pelikula sa iglesia natin? Sino ang kasalukuyang direktor? Sino ang nagsusulat ng mga iskrip? Sino ang lider ng distrito rito, at kumusta naman sila?” Ano ang ibig nilang sabihin sa pagtatanong tungkol sa mga bagay na ito? Dapat ba silang magtanong o makisangkot sa mga usaping ito? (Hindi, hindi dapat.) Ang lahat ng ito ay mga pangkalahatang usapin na walang kinalaman sa katotohanan. Bakit palaging nagtatanong-tanong itong “mga taong may magandang intensiyon”? Dahil ba ito sa tunay na malasakit, o wala lang talaga silang mas magandang magawa? Wala sa dalawang iyon—ito ay dahil may mga ambisyon sila at gusto nilang tumaas ang ranggo nila at magkaroon sila ng kapangyarihan. Kaya ba nilang mapagtanto na ambisyon at isang pagnanais ito na magkaroon ng kapangyarihan? Hindi, hindi nila kaya; wala sila ng ganoong katwiran. Dahil sa karumal-dumal nilang pagkatao at mahina nilang kakayahan, wala silang anumang nakakamit o hindi nila nagagawa nang maayos kahit ang pinakasimpleng tungkulin. Sa buong panahon ng paggawa ng mga tungkulin nila, palagi silang umaasal nang hindi maganda, tamad, mahilig silang maglibang, at nagtatanong-tanong pa nga sila tungkol sa iba’t ibang usapin. Sa huli, pinapaalis sila dahil sa mga pagpapamalas na ito. Tama bang paalisin sila ng sambahayan ng Diyos? (Oo.) Pinapaalis ba sila dahil masyado silang mapag-alala at matanong? (Hindi.) Ito ay dahil hindi nila inaasikaso ang mga marapat na bagay at gusto nila ay palagi silang palamunin sa sambahayan ng Diyos, kaya sila pinalayas at hindi pinayagang tumambay. Hindi sila nakagawa ng anumang bagay nang maayos, kaya hindi na sulit na panatilihin pa sila—hindi ba’t sila ay mga hindi mananampalataya? Hindi ba’t dapat silang paalisin? Nang dumating na ang oras na paaalisin na sila, nabalisa sila at saka lang nila hinanap ang mga katotohanang prinsipyo, at nagtatanong sila, “Kailangan kong hanapin kung ano talaga ang mga prinsipyo para paalisin at patalsikin ng sambahayan ng diyos ang mga tao: Ano ang batayan ng pagpapaalis sa akin?” Dapat mo silang sagutin: “Ang isang taong katulad mo, na mahilig maglibang at namumuhi sa gawain, nagdudulot ng mga kaguluhan at pagkawasak sa lahat ng ginagawa niya, ay ganap na akma sa mga prinsipyo ng pagpapaalis.” Hindi ba’t tila labis na katawa-tawa na hanapin nila ang mga prinsipyo ng pagpapaalis sa mga tao pagkatapos nilang gumawa ng napakaraming masamang bagay nang hindi nauunawaan kung anong uri sila ng tao? (Oo, katawa-tawa ito.) Ang ilan sa mga taong ganito ay napaalis na, habang ang iba naman ay ipinadala sa mga ordinaryong iglesia. Hindi sila angkop sa paggampan ng mga tungkulin sa

sambahayan ng Diyos at wala sila ng mga kondisyon para gampanan ang mga tungkulin nila. Kaya bang mapagtanto ng mga ganitong uri ng indibidwal na naaayon sa katotohanan ang ginawa ng Diyos? Mangangahas Akong sabihin na hindi ito kailanman mapagtatanto ng mga anticristo, dahil sila ay mga hindi mananampalataya, at kinokondena at hinuhusgahan nila ang anumang positibong bagay na umaayon sa katotohanan. Ang anticristo, na palaging sabik na magtanong-tanong, puno ng ambisyon, at palaging naghahangad na umangat, habang walang anumang sinseridad at katapatan sa paggampan ng sarili niyang mga tungkulin, ay umuupo sa lupa at pumapalahaw nang malakas kapag pinapalayas siya. Sinasabi niya, “Walang nakakaunawa sa puso kong may magandang layunin, sa sinseridad at katapatan ko. Bakit ako pinapalayas? Inagrabyado ako, at ayaw ko! Walang nag-aalala nang ganito para sa diyos, at walang kasing-tapat ko sa sambahayan ng diyos. Ang dakilang kasigasigan at dakilang kabaitan ko ay itinuturing na may masamang hangarin—labis na hindi patas ang diyos!” Hindi ba’t pagsusumamo ito na inosente siya? Ang alinman ba sa mga salita niya ay mga bagay na dapat sabihin ng mga tao? Naaayon ba sa mga katunayan ang alinman sa mga ito? (Hindi.) Lahat ng ito ay walang katwiran, katawa-tawa, mga salita ng mga hindi mananampalataya, puno ng mga reklamo, hinaing, at pagkondena. Ito ang pagkakabunyag niya. Kung hindi siya papalayasin, ipagpapatuloy niya ang pagkukunwari niya at mag-aasam siya na maging amo ng sambahayan ng Diyos. Kikilos ba nang ganito ang isang amo? Magmamaktol ba nang ganito ang isang amo? Pamamahalaan ba nang ganito ng isang amo ang sambahayan ng Diyos? Inutusan siyang maglinis, pero nagpalakad-lakad lang siya kung saan-saan at hindi siya gumawa ng anumang gawain. Inutusan siyang maghanda ng pagkain, pero ayaw niyang maghanda ng pagkain kahit para sa dalawang tao lang. Takot siyang mapagod at inisip niya na mababang uri ito—kaya ano pa ba ang kaya niyang gawin? May kaya ba siyang gawin maliban sa pagiging lider at pag-uutos? Hindi ba’t makatwiran para sa sambahayan ng Diyos na paalisin siya? (Oo.) Lubos itong makatwiran, pero patuloy siyang nagmumura nang palihim, nagmamaktol at umaasal na parang magugulong babae. Hindi ba’t mga anticristo ito? Ito ang pagpapamalas ng disposisyong diwa ng isang anticristo. Kapag nahaharap sa mga usaping hindi umaayon sa mga interes o kagustuhan niya, kapag nahaharap sa mga bagay na hindi tumutugon sa mga kahilingan o pagnanais niya, nagpapasakop ba siya kahit kaunti? Kaya ba niyang hanapin ang katotohanan? Kaya ba niyang kumalma, ikumpisal ang mga kasalanan niya, at magsisi? Hindi, hindi niya kaya. Ang agarang reaksiyon niya ay tumindig at magprotesta laban sa Diyos, puno siya ng mga salita ng pagkondena, paghusga, paglapastangan, at pagmumura. Iniisip niya, “Kung ayaw sa akin ng sambahayan ng diyos, ayos lang. Wala kang awa, kaya huwag mo akong sisihin kung wala akong puso. Sige, magkasubukan na tayo at tingnan natin kung sino ang mas walang awa!” Isa ba itong pagpapamalas ng paghahanap sa katotohanan? Isa ba itong pagpapamalas na dapat tinataglay ng isang normal na nilikha? (Hindi.) Kung gayon, anong uri ng pagpapamalas ito? Paano dapat tratuhin ng mga tunay na nananampalataya at sumusunod sa Diyos ang Diyos? Dapat

silang tunay at walang kondisyong magpasakop sa Diyos. Tanging ang mga kaaway ng Diyos—si Satanas at ang mga diyablo—ang magkakaila, magkokondena, manghuhusga, maglalapastangan, at magmumura sa Diyos, umaabot pa sa punto ng pagpoprotesta at pangongontra sa Kanya. Kahit na hindi mo kayang tanggapin ang katunayang ito ngayon at kaya mong mag-isip ng isandaang dahilan na nagsasabing hindi ka tinrato nang patas ng sambahayan ng Diyos, kung mayroon kang pagkamakatwiran, pagkatao, at kahit ng pinakamaliit na takot sa Diyos, matatrato mo ba ang Diyos sa ganitong paraan? Talagang hindi! Kung kaya iyong gawin ng isang tao, mayroon pa ba siyang kahit katiting na konsensiya? Mayroon ba siyang anumang pagkatao? Mayroon ba siyang anumang takot sa Diyos? (Wala, wala siya ng mga iyon.) Malinaw na hindi siya isa sa mga tupa ng Diyos. Hindi niya kailanman tinrato ang Diyos bilang kanyang Master; hindi niya kailanman itinuring ang Diyos bilang Diyos niya. Sa puso niya, ang Diyos ay kaaway niya, hindi ang Diyos niya. Ang mga kaaway ng Diyos ay mga anticristo at si Satanas; sa kabaligtaran, ang mga anticristo ay mga kaaway ng Diyos—mga Satanas at mga diyablo sila. Hindi kailanman tatanggapin ng mga anticristo ang anumang ginagawa ng Diyos at hindi sila kailanman magsasabi ng amen sa anumang salitang sasabihin ng Diyos. Ito ang diwa ng kaaway ng Diyos—si Satanas—at ito ang likas na diwa ng mga anticristo. Nang walang katwiran, mapanlaban sila sa Diyos, at nang walang katwiran, kaya nilang kondenahin ang Diyos. Hindi ba’t kabuktutan ito? Lubos na kabuktutan ito.

Ang mga disposisyong ito ng isang anticristo ay nasa bawat tao sa iba’t ibang antas, pero sa pamamagitan ng pagbubunyag ng mga disposisyong ito at sa landas na pinipili ng mga tao kapag nananampalataya sila, mahuhusgahan ba ninyo kung sino ang isang anticristo, sino ang isang trabahador, at sino ang isa sa hinirang na mga tao ng Diyos na puwedeng maligtas? (Habang nagbubunyag silang lahat ng anticristong disposisyon, ang ilang tao, pagkatapos ibunyag ang tiwaling disposisyon nila, ay nakokonsensiya, nakakaramdam sila ng pagkabagabag ng konsensiya, kaya nilang magsisi, at kaya nilang isagawa ang katotohanan—sila ang mga taong puwedeng maligtas. Gayumpaman, iyong mga walang pakiramdam ng konsensiya, na iniisip na tama sila kahit nakagawa sila ng mga pagkakamali, ay matigas ang ulo na tumatangging magsisi, at ganap nilang tinatanggi ang katotohanan—ang mga taong ito ay mga anticristo at wala silang pagkakataon sa kaligtasan.) Tama ba ang dalawang pahayag na ito? (Oo.) Tama naman ang sinabi kanina, pero hindi ito sapat na partikular. Bagama’t mayroon din silang anticristong disposisyon, kapag nahaharap ang ilang tao sa mga sitwasyon, kaya nilang hanapin ang katotohanan, maghimagsik laban sa laman, makaramdam ng pagsisisi pagkatapos nilang makilala ang tiwaling disposisyon nila, makaramdam ng pagkakautang, magbago, magsagawa alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo, piliin ang tamang landas, piliing isagawa ang katotohanan, at sa huli ay makamit ang pagkaunawa sa katotohanan at makapasok sa katotohanang realidad, nagkakamit ng pagpapasakop sa Diyos. Ang mga gayong tao ay puwedeng maligtas at sila ang hinirang na mga tao ng Diyos. May isa pang uri ng tao na alam na mayroon siyang disposisyon ng isang

anticristo, pero hindi niya sinusuri ang sarili niya kapag nahaharap siya sa mga sitwasyon. Kapag natutuklasan niyang may nagawa siyang mali, wala siyang anumang tunay na pag-unawa, hindi siya makabuo ng matinding damdamin ng pagkakautang sa loob niya, wala siyang kakayahang magsisi o magbago, at naguguluhan siya tungkol sa katotohanan at kaligtasan. Sa sambahayan ng Diyos, handa at bukas-loob siyang magtrabaho, kaya niyang gawin anuman ang iutos sa kanya, pero hindi niya ito siniseryoso; kung minsan, puwedeng nakapagdudulot siya ng mga pagkagambala at kaguluhan, pero hindi siya masamang tao. Kaya niyang tanggapin ang pagpupungos, pero hindi niya kailanman maagap na hinahanap ang katotohanan kapag gumagawa ng mga bagay-bagay o sinusunod ang mga katotohanang prinsipyo kapag pinapangasiwaan ang mga usapin. Wala siyang ipinapakitang interes sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos at sa katotohanan. Bagama't kaya niyang maglaan ng pagsisikap sa mga tungkulin niya nang katanggap-tanggap, wala siyang sigla pagdating sa paghahangad sa katotohanan at wala siyang interes na gawin ito. Hindi siya nagpapakita ng anumang katapatan sa paggampan ng tungkulin niya; medyo ipinapakita niya ang kaunting kahandaan at sinseridad. Kaya niyang malaman ang iba't ibang tiwaling disposisyon, pero hindi niya kailanman pinagninilayan ang sarili niya kapag nahaharap sa mga sitwasyon, at hindi niya hinahangad na maging isang taong nakakaunawa at nakapagsasagawa sa katotohanan. Ito ang mga trabahador. Ang huling kategorya ay binubuo ng mga anticristo. Mga kaaway sila ng Diyos, ng katotohanan, at ng mga positibong bagay. Puno ang puso nila ng kabuktutan, pagpoprotesta laban sa Diyos, pagkontra sa Diyos, at pagkondena, panghuhusga, at paglapastangan laban sa katarungan, sa mga positibong bagay, at sa katotohanan. Hindi sila naniniwala sa pag-iral ng Diyos, sa Kanyang kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay, at lalong ayaw nilang hayaang magkaroon ng kataas-taasang kapangyarihan ang Diyos sa kapalaran ng sangkatauhan. Hindi nila kailanman nauunawaan ang sarili nila, at gaano man karami ang mga pagkakamali o pagsalangsang na ginagawa nila, hindi nila kailanman inaamin ang mga ito, hindi sila kailanman nagsisisi, o nagbabago. Wala silang anumang pagsisisi sa puso nila, at ganap nilang tinatanggi ang katotohanan. Mga anticristo ang mga ito. Ang pagsusuri kung ang isang tao ay may saloobin ng pagtanggap sa katotohanan ay karaniwang tumpak sa pagtukoy kung anong kategorya sila ng tao. Saang kategorya kayo nabibilang? Kabilang ba kayo sa hinirang na mga tao ng Diyos na puwedeng maligtas, o isa ba kayong anticristo, o trabahador? Nagtatransisyon ba kayo patungo sa unang kategorya, o hindi ba kayo kabilang sa alinman sa mga kategoryang ito? Walang sinuman ang hindi kabilang sa alinman sa mga kategoryang ito: Ang bawat tao ay nabibilang sa isa sa tatlong ito. Ang masasamang tao na walang pagkatao ay iyong may diwa ng mga anticristo; ang mga may kaunting pagkatao, may konsensiya at katwiran, pati na ang mga may medyo mabuting karakter, na kayang maghangad sa katotohanan, magmahal sa mga positibong bagay, magmahal sa katotohanan, at may takot sa Diyos at kayang magpasakop sa Kanya, ay puwedeng maligtas—sila ang hinirang na mga tao ng Diyos. Iyong mga may karakter na

katamtaman, hindi masyadong mabuti o hindi masyadong masama, na walang anumang interes sa katotohanan at ayaw na ayaw itong hangarin, pero ginagampanan ang mga tungkulin nila nang may kaunting sinseridad, ay ang mga trabahador. Ito ang pamantayan para sa pagsusuri. Puwede bang maging isang trabahador ang isang anticristo? (Hindi.) Kung gayon, mayroon bang kategorya ng mga tao sa hanay ng mga trabahador na puwedeng maging hinirang na mga tao ng Diyos? (Oo.) Ano ang puwang para sa pagbabago rito? (Kailangan nilang hangarin ang katotohanan.) Marahil, kapag mas marami nang taon ng pananalig, mas maraming karanasan at tagpo, at pag-unawa sa mas maraming katotohanan, unti-unti silang aalis sa yugto ng pagtatrabaho papunta sa pagiging hinirang na mga tao ng Diyos. Dahil sa ngayon, maliit ang pag-unawa nila sa katotohanan at lalong kakaunti ang pananalig nila sa Diyos, maliit lang ang interes nila sa paggawa ng mga tungkulin nila at sa pagsasagawa sa katotohanan. Wala silang tayog para hangarin ang katotohanan at hindi nila mabitiwan ang mga ambisyon at pagnanais nila, kasama ang iba't ibang pangangailangan ng laman. Kaya, sa ngayon, kaya lang nilang manatili sa yugto ng pagtatrabaho. Gayumpaman, kumpara sa iba, may konsensiya at pagmamahal sa mga positibong bagay ang mga taong ito; habang unti-unti nilang nauunawaan ang katotohanan, nagbabago ang kapaligiran nila, mas tumatagal ang pananampalataya nila sa Diyos, mas lumalalim ang mga karanasan nila, at nagkakaroon sila ng tunay na pananalig sa Diyos, unti-unti rin nilang nakikita ang katotohanan at ang mga positibong bagay nang mas malinaw, nagiging mas malinaw sa kanila ang landas na dapat nilang hangarin, nagkakaroon sila ng interes sa katotohanan, at mas lalo nilang minamahal ang katotohanan. Ang mga gayong tao ay maaaring unti-unting magsimula sa landas ng kaligtasan at maging hinirang na mga tao ng Diyos; mayroon silang puwang para sa pag-unlad at pagbabago. Sa kabilang banda, ang sabihing iyong mga may diwa ng mga anticristo ay puwedeng maging hinirang na mga tao ng Diyos at maligtas ay hindi totoo, dahil ang diwa ng mga anticristo ay iyong sa mga diyablo at mga kaaway ng Diyos—hindi kailanman makapagbabago ang mga anticristo.

Katatapos lang nating magbahaginan tungkol sa pagkakaila, pagkokondena, panghuhusga, at paglalapastangan mula sa buktot na disposisyong diwang ibinubunyag nila sa kung paano nila tinatrato ang Diyos at ang Kanyang gawain. Sa tuwing may isang bagay na kumokontra sa mga kuru-kuro nila o pumipinsala sa mga interes nila, ang agad na reaksiyon ng mga anticristo ay tumindig, lumaban, at kondenahin ito, sinasabi nila: “Mali ito, mga tao ang may gawa nito, at hindi ako susuko rito. Maghahain ako ng reklamo at hahanap ako ng ebidensiya para linawin ang usaping ito. Idedeklara ko ang posisyon ko, ipagtatanggol ang sarili ko, aalamin ko ang lahat ng detalye ng usaping ito, at titingnan ko kung sino ang gumagawa ng kaguluhan dito, ang sumisira sa maganda kong reputasyon at sa magagandang bagay na mayroon ako.” Ang pariralang “Ang mabubuting layunin ng Diyos ay nasa lahat ng bagay” ay nagiging walang kabuluhan paghayag sa puso ng mga anticristo, hindi nito magawang gabayan o baguhin ang kanilang mga diskarte, pamamaraan, at prinsipyo ng pagkilos. Sa kabaligtaran, umaasa

sila sa kung ano ang likas sa kanila kapag nahaharap sila sa anumang sitwasyon, iniisip nila ang bawat pamamaraan at ginagamit ang lahat ng abilidad at estratehiya nila sa pagkilos. Walang duda na ang ginagawa nila ay pagkondena, panghuhusga, at paglapastangan sa Diyos. Ang kaisipan ng mga tao ay punong-puno ng lohika at mga ideya ni Satanas, walang anumang masasabing katotohanan. Samakatwid, kapag nahaharap sa mga gayong bagay, ang mga pagpapamalas ng mga anticristo ay katulad ng kay Satanas: Paano man tinatrato ni Satanas ang Diyos, ganoon din ang trato ng mga anticristo sa Diyos, at anumang mga paraan o salita ang ginagamit ni Satanas patungkol sa Diyos, ganoon din ang ginagamit ng mga anticristo. Sa ganitong paraan, ang buktot na diwa ng mga anticristo bilang mga kaaway ng Diyos ay napakalinaw. Kahit pa isang tao ito na sumampalataya sa Diyos sa loob lang ng isa o dalawang araw, nauunawaan ba nila ang pagkakaiba sa pagitan ng mga tao at ng Diyos sa kanilang normal na pag-iisip at pagkamakatwiran bilang tao? (Oo, nauunawaan nila.) Bilang isang taong nasa hustong gulang na may normal na pagkatao, alam ba nila sa puso nila kung paano tratuhin ang Diyos? (Oo.) Mayroon bang pamantayan sa pagkamakatwiran ng tao para sa pinakaangkop at pinakamainam na paraan ng pagtrato sa isang tao na sinasamba niya? (Mayroon.) Ang mga tao ay may tendensiyang maging labis na magpakumbaba, magsabi ng mga kaaya-ayang salita, at mambola; kahit pa binubugbog o minumura sila ng taong iyon, nakakahanap sila ng paraan para tumalima at maging masunurin. Kaya, pagdating sa mga magulang nila, alam ba ng mga tao kung paano magpakita ng pagrespeto at pagmamahal, at kung ano ang ugali na kapahamakan at pagkamuhi? Mayroon bang pamantayan para sa pagsusuri nito? (Mayroon.) Pinapatunayan nito na ang mga tao, mga nabubuhay na nilalang na nababalot ng balat ng tao, ay naiiba sa mga hayop at mas mataas kaysa sa mga hayop. Alam mo kung paano respetuhin at mahalín ang mga magulang mo, kaya bakit hindi mo alam kung paano tratuhin ang Diyos nang may pagmamahal at respeto? Paano mo nagagawang tratuhin ang Diyos nang ganito? Ang kaswal na pagkondena at panghuhusga, ang pangangahas na kaswal na lumapastangan at magmura—iyon ba ang ginagawa ng mga normal na tao? (Hindi.) Maging ang mga hayop ay hindi umaasal nang ganito. Kung ang isang tao ay nag-aalaga ng isang hayop, kahit pa ligaw na hayop ito, at maglaan ng oras ang tao kasama ito, basta't alam nito kung sino ang amo nito, lagi itong magpapakita ng respeto sa among iyon, ituturing ang amo bilang kamag-anak nito, bilang kapamilya, na iba sa pagtrato nito sa ibang mga hayop o tao. Ipagpalagay na ikaw ang dating amo nito: Pagkatapos nitong mapunta sa dalawa o tatlong ibang tahanan, kapag muli kayong nagtagpo, kailangan lang nitong maamoy ang amoy mo at agad itong magiging malambing sa iyo. Kahit na isa itong mabangis na hayop, hindi ka nito kakainin. Likas ang kabangisan nito, nagmumula sa paglikha at paunang pagtatakda ng Diyos. Isa itong survival instinct na ibinigay ng Diyos dito, hindi isang malupit o buktot na disposisyon—iba ito sa kasamaan ng mga anticristo. May dalawang tao na umampon ng isang batang leon. Habang lumalaki ang leon, naging mahirap tustusan ang diyeta nito na halos puro

karne, kaya nang isang taong gulang na ito, pinakawalan nila ito pabalik sa natural nitong kapaligiran. Pagkaraan ng tatlong taon, muli nilang nakita ang leon. Mula sa malayo, nakita sila ng leon at sabik itong tumakbo palapit sa kanila. Nag-alala sila noong una, iniisip nila, “Kakainin kaya kami nito? Isa itong leon.” Subalit, lumapit ang leon, niyakap sila tulad ng kaibigan, at niyakap at hinaplos-haplos nila ang leon bilang tugon. Pagkatapos ay ipinakilala ng leon sa kanila ang mga kapamilya nito, at nang kailangan na nilang umalis, nag-aatubili itong magpaalam. Makikita mo ang ganitong uri ng eksena kapag ang pinakamabangis sa mga ligaw na hayop, isang karniboro, ay nakikisalamuha sa mga tao. Hindi ba’t labis na nakakaantig ito? (Oo.) Maging sa mababangis na hayop, makikita ng mga tao ang palakaibigang bahagi ng mga ito, pero wala ito sa mga anticristo. Dahil nagtataglay ang mga anticristo ng disposisyon ni Satanas at sila ay mga taong may satanikong disposisyong diwa, dahil dito, kaya nilang husgahan, kondenahin, at lapastanganin ang Diyos. Ang mga gayong saloobin ay humahantong sa kaukulang mga pagpapamalas at lalo na sa mga pamamaraan. Hindi ba’t mas masahol pa ang mga anticristo kaysa sa mga hayop? Alam ng mga tao kung paano magpakita ng pagrespeto at mapagmahal na malasakit sa mga taong sinasamba nila at sa kanilang pinakamalalapit na kamag-anak at sa kanilang mga magulang, at alam nila kung alin sa mga kilos nila ang makakasakit at makakapinsala sa mga ito. Kaya nilang suriin ang mga bagay na ito. Gayumpaman, kayang magpakita ng mga anticristo ng mga gayong pag-uugali sa Diyos, na talagang nakakagalit. Ipinapahiwatig nito na ang likas na katangian ng mga gayong indibidwal ay ang diwa ng mga anticristo. Sa tumpak na pananalita, ang mga indibidwal na ito ang mga kumakatawan kay Satanas, sila ay mga buhay na Satanas, sila ay mga diyablo—hindi sila tupa ng Diyos. Mumurahin ba ang Diyos ng mga tupa Niya? Kokondenahin ba ang Diyos ng mga tupa Niya? (Hindi.) Bakit hindi? (Dahil nakikinig sila sa Diyos at nagpapasakop sa Kanya.) Nakikinig at nagpapasakop sila—isang aspekto iyon. Ang susi ay ang tunay nilang pananampalataya sa Diyos. Kung tunay kang naniniwala sa pagkakakilanlan, katayuan, at diwa ng Diyos, kung gayon, anuman ang ginagawa ng Diyos o paano man Niya ito ginagawa, kahit na nakakapinsala ito, hindi mo Siya kokondenahin. Tanging iyong mga tunay na nananampalataya sa Diyos, na may tunay na pananampalataya sa Kanya, ang naglalagay sa sarili nila sa posisyon ng isang nilikha, palaging tinatrato ang Diyos bilang Diyos. Isa itong katunayan.

Nagbahaginan na tayo sa pagmumura, pangongontra, at pagpoprotesta ng mga anticristo laban sa Diyos. Ang ilan ay hayagan Siyang kinokontra, nagtatatag ng mga paksiyon, bumubuo ng mga alyansa, at lumilikha ng mga nagsasariling kaharian. Ang iba ay palihim Siyang minumura sa pribado, ang ilan ay minumura Siya sa puso nila, at kumokontra at nagpoprotesta laban sa Kanya sa puso nila. Hayagan o palihim man nilang minumura ang Diyos, mga anticristo silang lahat; hindi sila tupa ng Diyos. Sila ay kauri ni Satanas, at walang dudang hindi sila mga normal na tao o mga nilikhang pasok sa pamantayan. Kapag ang karamihan ng tao ay nahaharap sa mga sitwasyon na hindi naaayon sa sarili nilang mga kuru-kuro o nakakaranas ng paghatol at pagkastigo ng

Diyos, nakakaramdam lang sila ng lungkot, pagkalito, at hindi nila ito matanggap. Sila ay nagpapahayag ng mga hinaing, o nagpapakita ng pagkamatigas ng kalooban; maaari pa nga silang maging negatibo o magpakatamad, pero hindi sila umaabot sa puntong kumontra at nagpoprotesta sila. Sa paglipas ng panahon, sa pamamagitan ng panalangin, sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos, sa tulong ng mga kapatid, at sa kaliwanagan, paggabay, at pagdidisiplina ng Banal na Espiritu, magagawa nilang unti-unting magbago. Ito ang pagpapamalas ng mga ordinaryong tiwaling tao kapag may mga bagay na nangyayari sa kanila. Sa kabilang banda, ang mga anticristo ay walang mga ganitong positibong pagpapamalas, at hindi nila babaguhin ang landas nila. Kung hindi naaayon sa mga pagnanais nila ang isang sitwasyon, nagmumura sila. Kung hindi pa rin naaayon sa mga pagnanais nila ang susunod na sitwasyon, nagmumura din sila. Ang pagmumura ay kasabay ng pagkontra at nagpoprotesta. Sinasabi pa nga ng ilang anticristo, “Kung hindi maliligtas ang mga taong katulad ko, sino pa kaya ang maliligtas?” Hindi ba’t nagpoprotesta ito? Hindi ba’t pagkontra ito? (Oo.) Pagkontra ito. Wala silang bakas ng pagpapasakop, at nangangahas silang magprotesta at kumontra sa Diyos—mga Satanas ang mga ito. Tapusin na natin dito ang pagbabahaginan tungkol sa iba’t ibang pagpapamalas ng isang buktot na disposisyon.

B. Pagiging Tutol sa Katotohanan

Susunod, magbabahaginan tayo sa ikalawang aytem ng disposisyong diwa ng mga anticristo—pagiging tutol sa katotohanan. Napagbahaginan na natin dati ang maraming detalye tungkol sa aytem na ito ng pagiging tutol sa katotohanan, pero dito ay pangunahin nating ilalarawan ang mga anticristo sa pamamagitan ng paghihimay sa disposisyong diwa nila na tutol sa katotohanan. Ang pangunahing disposisyonal na katangian ng kung paano hinaharap ng mga anticristo ang katotohanan ay ang pagiging tutol sa halip na pagiging hindi interesado lamang. Ang pagiging hindi interesado ay isang medyo banayad lang na saloobin sa katotohanan na hindi umabot sa antas ng pagiging mapanlaban, pagkondena, o pagkontra. Kawalan lang ito ng interes sa katotohanan, pag-ayaw na bigyan ito ng pansin, at pagsasabing, “Anong mga positibong bagay, anong katotohanan? Kahit na makamit ko ang mga bagay na ito, ano naman? Mapapabuti ba ng mga ito ang buhay ko o mapapalakas ang mga abilidad ko?” Hindi sila interesado sa mga bagay na ito, kaya hindi nila pinapansin ang mga ito, pero hindi pa ito pagiging tutol. Nagpapahiwatig ng isang partikular na saloobin ang pagiging tutol. Anong klase ng saloobin? Sa sandaling makarinig sila ng anumang positibong bagay at anumang bagay na nauugnay sa katotohanan, nakakaramdam sila ng pagkamuhi, pagkasuklam, paglaban, at pag-ayaw na makinig. Maaari pa nga silang maghanap ng ebidensiya para kondenahin at siraan ang katotohanan. Ito ang disposisyong diwa nila ng pagiging tutol sa katotohanan.

Tulad lang ng ibang tao, ang mga anticristo ay kayang magbasa ng mga salita ng Diyos, marinig ang sinasabi ng Diyos, at maranasan ang gawain ng Diyos. Sa panlabas,

tila kaya rin nilang maunawaan ang literal na kahulugan ng mga salita ng Diyos, malaman ang sinabi ng Diyos, at malaman na ang mga salitang ito ay nagbibigay-daan sa mga tao na tahakin ang tamang landas at maging mabubuting tao. Gayumpaman, nananatiling teoretikal lang ang mga bagay na ito para sa kanila. Ano ang ibig sabihin ng nananatiling teoretikal? Katulad ito ng kung paanong maaaring pinaniniwalaan ng ilang tao na mabuti ang isang partikular na teorya sa isang libro, pero kapag ikinumpara nila ito sa tunay na buhay, at inisip nila ang masasamang kalakaran, katiwalian ng tao, at ang iba't ibang pangangailangan ng buong sangkatauhan, nakikita nila na ang teorya ay hindi praktikal at walang kaugnayan sa tunay na buhay, at napagtatanto nila na hindi ito makakatulong sa mga tao na umangkop o sumunod sa masasamang kalakaran at sa masamang lipunang ito. Dahil dito, nararamdaman nila na mabuti ang teoryang ito, pero isa lamang itong bagay na maaaring pag-usapan, para matugunan ang mga kagustuhan at pantasya ng sangkatauhan para sa magagandang bagay. Halimbawa, kung may isang tao na gusto ng katayuan, at gusto niyang maging opisyal, at gusto niyang itaas at sambahin siya ng mga tao, kailangan niyang umasa sa mga hindi normal na pamamaraan tulad ng pagsisinungaling, pagpapakitang-gilas, at pagtapak sa ibang tao, at iba pa, para makamit ang layong ito. Gayumpaman, ang mga bagay na ito ang mismong kinokondena ng katotohanan. Kinokondena at tinatanggihan nito ang mga pagnanais at ambisyon na ito ng mga tao. Sa tunay na buhay, iniisip ng mga tao na ang pamumukod-tangi ay isang lehitimong bagay na ginagawa, pero kinokondena ng Diyos at ng katotohanan ang mga gayong hinihingi. Samakatwid, hindi tinatanggap sa sambahayan ng Diyos ang mga hinihinging ito, walang lugar para maisakatuparan ang mga ito, at walang puwang para maisagawa ang mga ito. Pero isusuko ba ng mga anticristo ang mga ito? (Hindi nila isusuko ang mga ito.) Tama, hindi nila isusuko ang mga ito. Sa sandaling makita ito ng mga anticristo, iisipin nila, "Nauunawaan ko na ngayon. Kaya, hinihingi ng katotohanan na maging hindi makasarili ang mga tao, na isakripisyo ang kanilang sarili, na maging mapagparaya at mapagbigay, na kalimutan ang mga ego nila at mamuhay sila para sa iba. Ito ang katotohanan." Kapag binigyang-depinisyon nila ang katotohanan sa ganitong paraan, nagiging interesado ba sila sa katotohanan o nasusuklam dito? Nasusuklam sila rito, at nasusuklam sila sa Diyos, sinasabi nila, "Palaging nagsasalita ang diyos tungkol sa katotohanan, palagi niyang inilalantad ang mga hindi dalisay na bagay tulad ng mga pagnanais at ambisyon ng tao, at palagi niyang inilalantad ang nasa kaibuturan ng mga kaluluwa ng tao. Tila ang pakay ng diyos sa pakikipagbahaginan sa katotohanan ay ang ipagkait sa mga tao ang kanilang paghahangad sa katayuan, mga pagnanais, at mga ambisyon. Noong una, inakala ko na kayang tugunan ng diyos ang mga pagnanais ng tao, tuparin ang mga kahilingan at pangarap nila, at ibigay sa mga tao ang gusto nila. Hindi ko inaasahan na ang diyos ay ganitong klase ng diyos. Hindi naman siya mukhang masyadong dakila. Puno ako ng mga ambisyon at pagnanais: Magugustuhan ba ng diyos ang isang taong tulad ko? Batay sa palaging sinasabi ng diyos, at sa pag-intindi sa mga ipinapahiwatig

ng mga salita niya, tila hindi gusto ng diyos ang mga taong tulad ko, at hindi rin niya makakasundo ang isang taong tulad ko. Mukhang hindi ko makakasundo ang ganitong uri ng praktikal na diyos. Ang mga salitang sinasabi niya, ang gawaing ginagawa niya, ang mga prinsipyo ng mga kilos niya, at ang disposisyon niya—bakit para sa akin ay lubhang hindi kaaya-aya ang mga iyon? Hinihiling ng diyos sa mga tao na maging matapat, na magkaroon ng konsensiya, na maghanap, sumunod, at matakot sa diyos kapag may nangyayari sa kanila, at bitiwang ang mga ambisyon at pagnanais nila—mga bagay ito na hindi ko kayang gawin! Ang hinihingi ng diyos ay hindi lang di-kaayon ng mga kuru-kuro ng tao, hindi rin ito sensitibo sa mga damdamin ng tao. Paano ko magagawang manampalataya sa kanya?” Matapos nilang pag-isipan nang ganito ang mga bagay-bagay, nagkakaroon ba sila ng mabuting damdamin patungkol sa Diyos o napapalayo ba sila sa Kanya? (Napapalayo sila.) Pagkaraan ng ilang panahon ng karanasan, lalong nararamdaman ng mga anticristo na ang mga taong tulad nila, na may mga ambisyon at pagnanais, at puno ng mga adhikain, ay hindi malugod na tatanggapin sa sambahayan ng Diyos, na walang lugar dito para magamit nila ang mga kasanayan nila, at hindi nila malayang maisasakatuparan ang mga adhikain nila rito. Iniisip nila, “Sa sambahayan ng diyos, hindi ko puwedeng ibunyag ang natatangi kong talento. Hindi ako kailanman magkakaroon ng pagkakataong maging nakakahigit. Sinasabi nila na wala akong espirituwal na pang-unawa, na hindi ko nauunawaan ang katotohanan, at na mayroon akong disposisyon ng isang anticristo. Bukod sa hindi ako naiangat o hindi ako inilagay sa mahalagang posisyon, kinokondena pa ako. Ano ang mali sa pagtatatag ng nagsasarili kong kaharian? Ano ang mali sa pagpapahirap ko sa iba? Dahil may kapangyarihan ako, dapat lang na kumilos ako nang ganito! Sino ang hindi kikilos nang ganito kung may kapangyarihan sila? Ano ang labis na mali sa panlilinlang at pandaraya ko sa mga halalan? Hindi ba’t ganoon din ang ginagawa ng lahat ng walang pananampalataya? Bakit hindi ito pinapayagan sa sambahayan ng diyos? Sinasabi pa nila na wala itong kahihiyan. Paano ito maituturing na walang kahihiyan? Nagsusumikap ang tao na umangat; dumadaloy ang tubig pababa. Wasto ito! Hindi masaya sa sambahayan ng diyos. Pero napakalupit ng mga tao sa mundong ito, at hindi sila madaling pakisamahan. Kung ikukumpara, mas maayos nang kaunti ang asal ng mga tao sa sambahayan ng diyos. Kung walang diyos, magiging napakasaya ang tumambay rito; kung walang diyos at walang katotohanan na namamahala sa mga tao, ako ang magiging amo sa sambahayan ng diyos, ang panginoon, at ang hari.” Habang ginagawa nila ang mga tungkulin nila sa sambahayan ng Diyos, palagi nilang nararanasan ang iba’t ibang bagay, patuloy silang pinupungusan, at papalit-palit sila ng iba’t ibang tungkulin, at sa wakas ay napagtatanto nila ang isang bagay, sinasabi nila, “Sa sambahayan ng diyos, ang anumang nangyayari ay sinusukat at nilulutas gamit ang katotohanan. Palaging binibigyang diin ang katotohanan, at palaging nagsasalita ang diyos tungkol dito. Hindi ko maisasakatuparan nang malaya ang mga adhikain ko rito!” Sa pag-abot sa puntong ito sa mga karanasan nila, lalo silang nagiging tutol sa

katotohanan, sa paghahari ng katotohanan, sa pagiging katotohanan ng lahat ng ginagawa ng Diyos, at sa paghahanap sa katotohanan. Gaano katindi ang nararamdaman nilang pagtutol sa mga bagay na ito? Ni ayaw nilang kilalanin o tanggapin ang mga doktrina ng mga katotohanang kinilala nila sa pinakasimula, at nakakaramdam sila ng matinding pagkasuklam sa puso nila. Samakatwid, sa sandaling oras na para sa isang pagtitipon, inaantok sila at nababalisa. Bakit sila nababalisa? Iniisip nila, “Tumatagal ng tatlo o apat na oras ang mga pagtitipong ito—kailan ba ito matatapos? Ayaw ko nang makinig!” May isang parirala na makapaglalarawan sa lagay ng kanilang loob, ito ay “nakaupo sa mga aspili at karayom.” Napagtatanto nila na hangga’t naghahari ang katotohanan sa sambahayan ng Diyos, hindi sila kailanman magkakaroon ng pagkakataong maging nakakahigit, bagkus, palagi silang malilimitahan, makokondena, at matatanggihan ng lahat, at na gaano man sila kahusay, hindi sila mabibigyan ng mahahalagang papel. Dahil dito, tumitindi ang pagkapoot nila sa katotohanan at sa Diyos. Maaaring may magtanong, “Bakit hindi sila nakaramdam ng pagkapoot mula pa sa simula?” Nakaramdam nga sila ng pagkapoot mula pa sa simula, pero noong panahong iyon, hindi pa sila pamilyar sa lahat ng bagay sa sambahayan ng Diyos. Wala pa silang konsepto nito, pero hindi ibig sabihin niyon na hindi sila nakaramdam ng pagkapoot o pagtutol. Sa realidad, nakaramdam sila ng pagtutol sa katotohanan sa kaibuturan ng kanilang kalikasang diwa, hindi pa lang nila ito napagtatanto. Walang duda na tutol sa katotohanan ang kalikasang diwa ng mga taong ito. Bakit Ko sinasabi ito? Likas nilang mahal ang kawalan ng katarungan, kabuktutan, kapangyarihan, masasamang kalakaran, pamumuno, pagkontrol sa mga tao, at lahat ng negatibong bagay na tulad nito. Batay sa mga bagay na ito na minamahal nila, walang duda na nakakaramdam ng pagtutol sa katotohanan ang mga anticristo. Bukod pa rito, pagdating sa mga pinagsusumikapan nila, nagsusumikap sila para sa katayuan, nagsusumikap sila para makilala, nagsusumikap silang magmukhang banal, nagsusumikap silang maging lider sa mga tao, para mangibabaw at maging makapangyarihan, para magkaroon ng katanyagan at lakas saanman sila nagsasalita o kumikilos, pati na ang abilidad na kontrolin ang mga tao—nagsusumikap sila para sa mga bagay na ito. Isa rin itong pagpapamalas ng pagiging tutol sa katotohanan. Batay pa sa saloobin nila sa katotohanan, gaano man karami nito ang naririnig ng mga indibidwal na ito, walang magiging saysay ito. Puwedeng may ilang magtanong, “Dahil ba ito sa mahina ang memorya nila?” Hindi. May ilang anticristo na may napakahusay na memorya, napakahusay nilang magsalita, at kaya nilang gamitin at ipakitang-gilas agad ang natutunan nila. Dahil dito, iniisip ng mga walang pagkilatis na ang mga indibidwal na ito ay may mahusay na kakayahan at na gumagawa ang Banal na Espiritu sa mga ito. Gayumpaman, kayang matukoy agad ng mga mapagkilatis na tao na ang sinasabi nila ay pawang mga doktrina at mga walang kabuluhang salita, na wala itong anumang katotohanang realidad, at na naglalayon itong ilihis ang mga tao. Ganitong mga tao ang mga anticristo: Napakahilig nilang mangaral ng matatayog na sermon, magtalakay ng mga espirituwal na teorya sa walang kabuluhang paraan, at maglitanya

ng napakaraming salita, na kapag nagsimula na, ay lihis sa paksa at paligoy-ligoy. Maraming tao ang hindi sila nauunawaan, at sinasabi ng mga anticristo, “Ito ang wika ng ikatlong langit; paano ninyo ito mauunawaan?” Ang pangunahing pagpapamalas ng pagiging tutol ng mga anticristo sa katotohanan ay nakikita sa saloobin nila rito, at, siyempre, naipapamalas din ito sa karaniwan nilang pang-araw-araw na buhay at mga aktibidad, lalo na sa kung paano nila ginagawa ang mga tungkulin nila. Nagpapakita sila ng ilang pagpapamalas. Una, hindi nila kailanman hinahanap ang katotohanan, kahit na alam na alam nilang dapat nila itong gawin. Pangalawa, hindi nila kailanman isinasagawa ang katotohanan. Dahil hindi nila hinahanap ang katotohanan, paano nila ito maisasagawa? Sa pamamagitan lang ng paghahanap magkakaroon ng pagkaunawa, at tanging ang pagkaunawa ang magresulta sa pagsasagawa; hindi sila naghahanap, at hinding-hindi rin nila isinasapuso ang mga katotohanang prinsipyo. Hinahamak pa nga nila ang mga ito, nakakaramdam sila ng pagtutol laban sa mga ito, at tinitingnan nila ang mga ito nang may pagkamapanlaban. Bilang resulta, ni hindi nila kailanman tinatalakay ang pagsasagawa sa katotohanan, at kahit nauunawaan nila minsan ang katotohanan, hindi nila ito isinasagawa. Halimbawa, kapag may nangyayari sa kanila, at nagmumungkahi ang iba ng magandang hakbang, puwedeng sumagot sila nang mariin, “Ano namang maganda riyan? Kung gagawin ko iyan, hindi ba’t masasayang ang mga ideya ko?” Puwedeng sabihin ng ilan, “Magdurusa ng mga kawalan ang sambahayan ng Diyos kung gagawin natin ang mga bagay ayon sa paraan mo; dapat tayong kumilos nang naaayon sa mga prinsipyo.” Sasagot sila, “Anong mga prinsipyo! Ang paraan ko ang prinsipyo; kung ano ang iniisip ko, iyon ang prinsipyo!” Hindi ba’t hindi ito pagsasagawa sa katotohanan? (Oo.) Ang isa pa sa mga pangunahing pagpapamalas nila ay hindi sila kailanman nagbabasa ng mga salita ng Diyos o nagsasagawa ng mga espirituwal na debosyon. Kapag abala ang ilang tao sa gawain at hindi makahanap ng oras para magbasa ng mga salita ng Diyos, tahimik silang nagninilay-nilay o kumakanta ng ilang himno, at kung maraming araw na hindi sila makapagbasa ng mga salita ng Diyos, nakakaramdam sila ng kahungkagan. Sa gitna ng pagiging abala nila, naglalaan sila ng oras para magbasa ng isang sipi at matustusang muli ang kanilang sarili, nagbubulay-bulay hanggang sa maramdaman nila ang presensiya ng Diyos, at maging panatag ang puso nila. Hindi masyadong malayo sa Diyos ang mga gayong tao. Sa kabilang banda, hindi nababagabag ang mga anticristo kahit hindi nila nababasa ang mga salita ng Diyos sa loob ng isang araw. Kahit na hindi sila makapagbasa ng mga salita ng Diyos sa loob ng 10 araw, wala silang nararamdaman. Nakakapamuhay pa rin sila nang napakaayos kahit isang taon na silang hindi nagbabasa ng mga salita ng Diyos, at kaya pa nga nilang magpatuloy nang tatlong taon nang hindi nagbabasa ng mga salita ng Diyos, at wala silang nararamdaman—hindi sila nakakaramdam ng takot o kahungkagan sa puso nila, at patuloy silang namumuhay nang komportable. Siguradong mayroon silang matinding pagtutol sa mga salita ng Diyos! Ang isang tao ay maaaring hindi makapagbasa ng mga salita ng Diyos sa loob ng isang araw dahil sa pagiging abala, o marahil ay sa loob

ng 10 araw dahil sa parehong dahilan. Gayumpaman, kung kaya ng isang tao na umabot nang isang buong buwan nang hindi nagbabasa ng mga salita ng Diyos at wala pa rin siyang nararamdaman, may problema na. Kung lilipas ang isang taon nang hindi nagbabasa ng mga salita ng Diyos ang isang tao, hindi lang siya walang pananabik para sa mga salita ng Diyos—mayroon siyang pagtutol sa katotohanan.

Ang isa pang pagpapamalas ng pagtutol ng mga anticristo sa katotohanan ay ang paghamak nila kay Cristo. Napagbahaginan na natin noon ang tungkol sa paghamak nila kay Cristo. Kaya, ano ba ang ginawa ni Cristo sa kanila para hamakin nila si Cristo? Sinaktan o pininsala ba Niya sila, o may ginawa ba Siyang kontra sa mga kagustuhan nila? Pininsala ba Niya ang anumang interes nila? Hindi. Walang personal na sama ng loob si Cristo sa kanila, at hindi pa nga nila nakakatagpo si Cristo. Kung gayon, paano nila nagagawang hamakin Siya? Ang ugat na dahilan ay nasa diwa ng pagtutol ng mga anticristo sa katotohanan. Ang isa pang pagpapamalas ng pagtutol ng mga anticristo sa katotohanan ay ang paghamak nila sa realidad ng lahat ng positibong bagay. Sumasaklaw ang realidad ng lahat ng positibong bagay sa maraming iba't ibang bagay, tulad ng lahat ng bagay na nilikha ng Diyos at ang mga batas ng mga ito, iba't ibang buhay na nilalang at ang mga batas na namamahala sa buhay ng mga ito, at sa pangunahin, ang iba't ibang batas na namamahala sa buhay ng mga nilalang na ito na tinatawag na mga tao. Halimbawa, ang mga usapin ng kapanganakan, pagtanda, pagkakasakit, at kamatayan na pinakamalapit sa buhay ng tao—nanghihina ang mga binti ng mga normal na tao habang tumatanda sila, humihina ang kalusugan nila, lumalabo ang mata nila, humihina ang pandinig nila, umuuga ang mga ngipin nila, at iniisip nilang kailangan nilang tanggapin ang pagtanda. Ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng ito, at walang sinuman ang makakakontra sa natural na batas na ito—kayang kilalanin at tanggapin ng mga normal na tao ang lahat ng bagay na ito. Gayumpaman, kahit gaano katagal mabuhay ang isang tao o anuman ang kalagayan ng kanyang pisikal na kalusugan, may partikular na mga bagay na hindi nagbabago, tulad ng kung paano nila dapat ginagawa ang tungkulin nila, ang posisyon na dapat nilang pinanghahawakan, at ang saloobin na dapat mayroon sila sa paggawa ng tungkulin nila. Sa kabilang banda, tumatangging sumuko ang mga anticristo. Sinasabi nila, “Sino ba ako? Hindi ako puwedeng tumanda. Dapat naiiba ako sa mga karaniwang tao sa lahat ng oras. Mukha ba akong matanda para sa iyo? May mga partikular na bagay na hindi ninyo kayang gawin sa edad na ito, pero kaya ko. Puwedeng nanghihina na ang mga binti ninyo kapag nasa singkuwenta anyos na kayo, pero maliksi pa ang mga binti ko. Nagsasanay pa nga akong tumalon-talon sa mga bubong!” Palagi nilang gustong hamunin ang mga normal na batas na inorden ng Diyos, palagi nilang sinusubukang labagin ang mga ito at ipakita sa iba na sila ay naiiba, extraordinaryo, at nakahihigit sa mga ordinaryong tao. Bakit nila ginagawa ito? Gusto nilang hamunin ang mga salita ng Diyos at itanggi na ang Kanyang mga salita ang katotohanan. Hindi ba't isa itong pagpapamalas ng diwa ng mga anticristo ng pagtutol sa katotohanan? (Oo.)

May isa pang aspekto, iyon ay na iginagalang ng mga anticristo ang masasamang kalakaran at madidilim na impluwensiya; lalo nitong pinatutunayan na mga kaaway sila ng katotohanan. Labis na hinahangaan at iginagalang ng mga anticristo ang rehimen ni Satanas, at ang iba't ibang abilidad, kasanayan, at gawa ng masasamang espiritu na nababanggit sa mga alamat, pati na rin ang masasamang kalakaran at madidilim na impluwensiya. Hindi matitinag ang paniniwala nila sa mga bagay na ito, at hindi nila kailanman pinagdududahan ang mga ito. Bukod sa walang pagtutol ang puso nila, puno pa ito ng pagrespeto, paggalang, at inggit para sa mga ito. Kahit sa kaibuturan ng puso nila, mahigpit nilang sinusundan ang mga bagay na ito. Ang mga anticristo ay may ganitong uri ng saloobin sa kaibuturan ng puso nila sa masasama at madidilim na bagay na ito—hindi ba't nangangahulugan ito na tutol sila sa katotohanan? Tiyak iyon! Paano magmamahal sa katotohanan ang sinumang nagmamahal sa buktot at madidilim na bagay na ito? Ang mga taong ito ay nabibilang sa mga puwersa ng kasamaan at sa grupo ni Satanas. Siyempre, hindi natitinag ang paniniwala nila sa mga bagay na kay Satanas, habang ang puso nila ay puno ng pagkasuklam at paghamak sa katotohanan at sa mga positibong bagay. Halos tatapusin na natin dito ang pagbubuod natin sa aytem ng pagtutol sa katotohanan.

C. Kalupitan

Ang isa pang bahagi ng disposisyong diwa ng mga anticristo ay ang kalupitan. Maibubuod ang mga anticristo gamit ang isang parirala: Masasamang tao ang mga anticristo. Kapag may katayuan sila, malinaw na mga anticristo sila. Kapag wala silang katayuan, paano mo mahuhusgahan kung anticristo sila? Kailangan mong tingnan ang pagkatao nila. Kung ang pagkatao nila ay mapaminsala, lihim na mapanira, at makamandag, sila ay isang daang porsiyentong mga anticristo. Kung ang isang tao ay hindi pa kailanman nagkaroon ng katayuan, at hindi pa kailanman naging lider, at hindi mabuti ang pagkatao niya, paano mo matutukoy kung anticristo siya? Kailangan mong tingnan kung makamandag ba ang pagkatao niya, at kung masamang tao ba siya. Kung masama siyang tao, kahit wala siyang katayuan, siya ay isang daang porsiyentong anticristo. Samakatwid, ang isa pang tipikal na aspekto ng disposisyong diwa ng mga anticristo ay ang kalupitan. Ang malupit bang disposisyon ng mga anticristo ay katulad ng kalupitan ng mga leon o tigre kapag naghahanap ng makakain? (Hindi.) Naghahanap ng makakain ang mga karniboro dahil sa gutom; isa itong pangangailangan ng katawan at isang likas na gawi. Pero kapag hindi sila gutom, hindi sila naghahanap ng makakain. Paano ito naiiba sa kalupitan ng mga anticristo? Hindi ba nagiging mabagsik ang mga anticristo kapag hindi mo sila ginagalit, at nagiging mabagsik lang sila kapag ginalit mo sila? O hindi ka ba nila kokontrolin kung hindi mo sila pinakikinggan, pero kokontrolin ka nila kapag pinakikinggan mo sila? O hindi ka ba nila pahihirapan basta't nakikinig ka sa kanila, pero pahihirapan ka nila kung hindi ka nakikinig? (Hindi.) Ang kalupitan ng mga anticristo ay isang disposisyon, isang diwa—isa itong tunay na satanikong diwa. Hindi

ito likas na gawi, o pangangailangan ng laman, kundi isang pagpapamalas at katangian ng disposisyon ng mga anticristo. Kaya, ano ang mga pagpapamalas, pagbubunyag, at pamamaraan ng malupit na disposisyon ng mga anticristo? Alin sa mga kilos nila ang kumakatawan na malupit ang disposisyon nila, na may diwa sila ng masasamang tao? Ibahagi ninyo ang mga iniisip ninyo. (Pinapahirapan nila ang iba.) (Sinusupil at ibinubukod nila ang mga naiiba sa kanila.) (Idinidiin nila ang iba at naglalagay sila ng mga patibong para sa mga ito.) (Kinokontrol at minamanipula nila ang mga tao.) (Bumubuo sila ng mga paksiyon at naghahasik ng alitan.) Ang pagbuo ng mga paksiyon at paghahasik ng alitan ay medyo lihim na mapanira; ang mga ito ay mga pagpapamalas ng isang buktot na disposisyon, pero hindi pa ito kalupitan. Ang pagpapakalat ng mga kuru-kuro, pagtatatag ng mga nagsasariling kaharian—malupit ba ang mga ito? (Oo.) Ang pagkontra sa mga pagsasaayos ng gawain, panggugulo sa gawain ng sambahayan ng Diyos, pagkamkam sa mga handog para sa Diyos, at direktang pagkontra sa Diyos—malupit ba ang mga ito? (Oo.) Ang pagkamkam sa mga handog ay hindi lang sakim; isa rin itong pagpapamalas ng isang malupit na disposisyon. Ang kakayahan ng mga anticristo na kamkamin ang mga handog ay nagpapahiwatig ng isang napakalupit na disposisyon, kapantay ng sa mga bandido. Ulitin ang mga aytem na kakabuod pa lang natin. (Pinapahirapan nila ang iba, sinusupil at ibinubukod ang mga naiiba sa kanila, idinidiin ang iba at naglalagay sila ng mga patibong para sa mga ito, kinokontrol at minamanipula ang mga tao, nagpapakalat ng mga kuru-kuro, nagtatatag ng mga nagsasariling kaharian, kumokontra sa mga pagsasaayos ng gawain, binabatikos ang Diyos, at kinakamkam ang mga handog.) Siyam na aytem sa kabuuan. Ang mga ito ang humigit-kumulang na pagpapamalas ng malupit na disposisyon ng mga anticristo. Sa katunayan, may ilan pang partikular na mga pagpapamalas, pero halos katulad na rin ng mga ito, kaya hindi Ko na detalyadong ililista ang mga ito. Sa madaling salita, masasamang tao ang mga gumagamit ng mga pamamaraan at estratehiyang ito. Sa isang aspekto, lihim na mapanira ang mga pamamaraan nila, halimbawa, ang pagdidiin, paglalagay ng mga patibong, at pagpapakalat ng mga kuru-kuro, ay pawang medyo lihim na mapanira. Sa isa pang aspekto, labis na makamandag at mabagsik ang mga estratehiya nila, kaya kalipikado sila sa pagkakaroon ng malupit na disposisyon.

Batay sa tatlong aspektong ito ng disposisyong diwa ng mga anticristo, puwede ba silang maligtas? (Hindi, hindi sila puwedeng maligtas.) Handa ba silang magtrabaho sa sambahayan ng Diyos? (Hindi, hindi sila handa.) Hindi nila hinahangad ang katotohanan, hindi nila minamahal ang katotohanan, at puno ng pagkamapanlaban sa Diyos at sa mga positibong bagay ang puso nila. Ayaw pa nga nilang gawin ang mga pundamental na bagay—ang pagtatrabaho at pagsasakatuparan ng tungkulin nila sa sambahayan ng Diyos—ibig sabihin, hindi man lang nila kayang gawin ang dapat na normal na ginagawa ng isang tao. Bukod sa hindi nila ito magawa, sa kabaligtaran, ginugulo, ginagambala, at sinisira pa nila ang normal na kaayusan ng mga kapatid na gumagawa ng kanilang mga tungkulin, pati na rin ang normal na buhay iglesia. Kasabay

nito, ginugulo nila ang gawain ng sambahayan ng Diyos, ang normal na buhay pagpasok ng mga tao, at ang normal na gawain ng Diyos sa mga tao. At hindi lang iyon, gusto rin nilang maghari at gumamit ng kapangyarihan sa sambahayan ng Diyos; gusto nilang ilihis, akitin, at kontrolin ang mga tao, magtatag ng kanilang mga nagsasariling kaharian at mga paksiyon sa sambahayan ng Diyos, at ganap na gawing sarili nilang mga tagasunod ang mga sumusunod sa Diyos, para makamit nila ang ambisyon at pagnanais nila na gumamit ng kapangyarihan at impluwensiya, kontrolin ang hinirang na mga tao ng Diyos, at makipagkompetensiya sa Diyos. Kaya, may anumang halaga ba ang paggamit sa mga anticristo sa sambahayan ng Diyos kahit kaunti? May mabuti man lang ba silang silbi sa sambahayan ng Diyos? (Wala.) Batay sa pagkatao nila hanggang sa mga hinahangad nila, mula sa mga ambisyon at pagnanais nila hanggang sa mga landas na tinatahak nila, at sa saloobin nila sa katotohanan at sa Diyos, sa sambahayan ng Diyos, ang silbi lang ng mga gayong tao ay manggulo, manggambala, at manira ng gawain ng Diyos. Wala silang kahit katiting na positibong silbi, dahil hindi nila kailanman hinahangad ang katotohanan, at sa kalikasang diwa nila, tutol sila sa katotohanan, at puno ng pagkamapanlaban sa katotohanan at sa Diyos. Ito ang diwa ng mga anticristo.

Sa ngayon, ganap na nating natapos ang pagbabahaginan tungkol sa iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo. Sa pamamagitan ng napagbahaginan natin ngayon, kaya na ba ninyo ngayong makilatis ang mga anticristo? Para ibuod ito sa pinakasimpleng parirala: Mga anticristo ang masasamang tao, at ang lahat ng anticristo ay masasamang tao. Sa pamamagitan ng ganitong pagpapaliwanag, hindi ba't naging lalong mas malinaw na sa inyo ang mga bagay-bagay? Hindi ba't mas madali nang maunawaan ang mga ito ngayon? Sa nakalipas na dalawang taon, patuloy nating hinihimay ang kalikasang diwa ng mga anticristo, at dumaan kayo sa maraming pagpipino, nag-aalala na baka anticristo kayo. Ngayon, sa wakas ay lumabas na ang resulta. Napakahirap ng naging proseso, pero maganda ang huling resulta: Mayroon kayong disposisyon ng isang anticristo, pero hindi kayo anticristo. Paano ninyo napagtanto ang pagkaunawang ito? Sa aling linya ng mga pakikipagbahaginan Ko ninyo ito napagtanto? (Noong nakaraan, sa pamamagitan ng pakikipagbahaginan ng Diyos tungkol sa pagkakaiba sa pagitan ng karakter at disposisyong diwa ng mga anticristo, at ng sa ibang tao, nagsimula kaming makaunawa nang kaunti. Ang mga taong may konsensiya at katwiran ay kayang magsisi at magbago pagkatapos gumawa ng masama, habang ang mga nagtataglay ng disposisyong diwa ng mga anticristo ay matigas na ayaw magsisi, at wala silang nararamdaman gaano man karami ang nagawa nilang kasamaan.) Ang mga tao ay may ilang pagbubunyag ng disposisyon ng mga anticristo, pero hindi boluntaryo ang mga ito at hindi kusang nagmumula sa kanilang kalooban; kapag natutuklasan ang mga pagbubunyag na ito, nakakaramdam ang mga tao ng pagiging di-komportable, pasakit, pagsisisi, at pagkakautang, at unti-unti nilang mababago ang landas nila. Kapag nauunawaan ng mga tao ang puntong ito, lalo pa silang mas napapanatag, at natutuklasan nilang may pagkakataon pa silang maligtas,

at na hindi sila mga anticristo. Bagama't may kaunting kaugnayan sila sa disposisyon ng mga anticristo, sa kabutihang-palad, wala silang kaugnayan sa disposisyong diwa ng mga anticristo. Basta't hindi ka isang masamang tao, hindi ka isang anticristo. Pero nangangahulugan ba iyon na wala kang disposisyon ng mga anticristo? (Hindi.) Kapag sinabi Ko ngayon na ang lahat ay may disposisyon ng mga anticristo, nakakaramdam ba kayo ng paglaban sa puso ninyo? (Hindi.) Hindi kayo nakakaramdam ng paglaban; kaya ninyong tanggapin ang katunayang ito ngayon. Ibuod ang mga pagpapamalas ng disposisyong diwa ng mga anticristo. (Ang mga anticristo ay tutol sa katotohanan, kinamumuhian nila ang katotohanan, at hindi nila kailanman tatanggapin ang katotohanan.) Tumutukoy ito sa diwa; hindi kailanman tatanggapin ng mga anticristo ang katotohanan; tutol at mapanlaban sila sa katotohanan. May ilang taong hindi naghahangad sa katotohanan, pero hindi sila mapanlaban dito, at iniisip din nila na tama at mabuti ang lahat ng sinasabi ng Diyos, at hinahangaan nila ito at gusto nilang hangarin ito, pero mahina ang kakayahan nila at wala silang landas. Ang iba ay walang interes sa katotohanan, pero hindi rin sila mapanlaban dito; sila ang walang ganang uri. Gayumpaman, iba ang mga anticristo; tutol at mapanlaban sila sa katotohanan. Sa sandaling mabanggit ang katotohanan o ang Diyos, nakakaramdam sila ng pagkamuhi, at kapag sinusubukang ipatanggap sa kanila ang katotohanan, sila ay nagiging hindi normal, nasusuklam sila sa kaibuturan ng puso nila, hindi nila ito kailanman tinatanggap—ito ang diwa ng mga anticristo. Ano pa? (Ang mga anticristo ay matigas na hindi nagsisisi kahit ano pa ang mali nilang ginagawa, at hindi nila kailanman isasagawa ang katotohanan.) Hindi nila kikilalanin ang sarili nilang mga pagkakamali, hindi sila nagsisisi kailanman, at hindi sila magbabago sa paglipas ng maraming taon. Hindi nila kinikilala na ang Diyos ang katotohanan, na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan, kaya paano nila maisasagawa ang katotohanan? Wala silang pagkatao, hindi sila tao, sila ay mga diyablo, mga Satanas, at mga kaaway ng Diyos, kaya tiyak na hindi nila isasagawa ang katotohanan.

Disyembre 26, 2020



QR Code ng Website
ng Ebanghelyo



Ang Iglesia ng
Makapangyarihang Diyos App

Website ng Ebanghelyo
<https://tl.kingdomsalvation.org>

YouTube: <https://l.kingdomsalvation.org/tl/video>

Facebook: <https://l.kingdomsalvation.org/tl/facebook>

E-mail: contact.tl@kingdomsalvation.org
